# Holy Bible

## *Aionian* Edition®

## banal na Bibliya

## Tagalog Unlocked Holy Bible

AionianBible.org
Ang unang banal na Bibliya at pagsasalin
100% na libreng kumopya at mag print
kilala rin bilang " ang Lilang Bibliya "

*Holy Bible Aionian Edition* ®
banal na Bibliya
Tagalog Unlocked Holy Bible

Creative Commons Attribution ShareAlike 4.0 International, 2018-2025
Source text: eBible.org
Source version: 4/18/2025
Source copyright: Creative Commons Attribution ShareAlike 4.0
Door43 World Missions Community, 2018

Formatted by Speedata Publisher 5.1.9 (Pro) on 6/3/2025
100% Free to Copy and Print
TOR Anonymously
https://AionianBible.org

Published by Nainoia Inc, https://Nainoia-Inc.signedon.net
All profits are given to https://CoolCup.org

We pray for a modern Creative Commons translation in every language
Translator resources at https://AionianBible.org/Third-Party-Publisher-Resources
Report content and format concerns to Nainoia Inc
Volunteer help is welcome and appreciated!

*Celebrate Jesus Christ's victory of grace!*

# Paunang Salita

Tagalog at AionianBible.org/Preface

The *Holy Bible Aionian Edition* ® is the world's first Bible *un-translation*! What is an *un-translation*? Bibles are translated into each of our languages from the original Hebrew, Aramaic, and Koine Greek. Occasionally, the best word translation cannot be found and these words are transliterated letter by letter. Four well known transliterations are *Christ*, *baptism*, *angel*, and *apostle*. The meaning is then preserved more accurately through context and a dictionary. The Aionian Bible un-translates and instead transliterates eleven additional Aionian Glossary words to help us better understand God's love for individuals and all mankind, and the nature of afterlife destinies.

The first three words are *aiōn*, *aiōnios*, and *aïdios*, typically translated as *eternal* and also *world* or *eon*. The Aionian Bible is named after an alternative spelling of *aiōnios*. Consider that researchers question if *aiōn* and *aiōnios* actually mean *eternal*. Translating *aiōn* as *eternal* in Matthew 28:20 makes no sense, as all agree. The Greek word for *eternal* is *aïdios*, used in Romans 1:20 about God and in Jude 6 about demon imprisonment. Yet what about *aiōnios* in John 3:16? Certainly we do not question whether salvation is eternal! However, *aiōnios* means something much more wonderful than infinite time! Ancient Greeks used *aiōn* to mean *eon* or *age*. They also used the adjective *aiōnios* to mean *entirety*, such as *complete* or even *consummate*, but never infinite time. Read Dr. Heleen Keizer and Ramelli and Konstan for proofs. So *aiōnios* is the perfect description of God's Word which has *everything* we need for life and godliness! And the *aiōnios* life promised in John 3:16 is not simply a ticket to eternal life in the future, but the invitation through faith to the *consummate* life beginning now!

The next seven words are *Sheol*, *Hadēs*, *Geenna*, *Tartaroō*, *Abyssos*, and *Limnē Pyr*. These words are often translated as *Hell*, the place of eternal punishment. However, *Hell* is ill-defined when compared with the Hebrew and Greek. For example, *Sheol* is the abode of deceased believers and unbelievers and should never be translated as *Hell*. *Hadēs* is a temporary place of punishment, Revelation 20:13-14. *Geenna* is the Valley of Hinnom, Jerusalem's refuse dump, a temporal judgment for sin. *Tartaroō* is a prison for demons, mentioned once in 2 Peter 2:4. *Abyssos* is a temporary prison for the Beast and Satan. Translators are also inconsistent because *Hell* is used by the King James Version 54 times, the New International Version 14 times, and the World English Bible zero times. Finally, *Limnē Pyr* is the Lake of Fire, yet Matthew 25:41 explains that these fires are prepared for the Devil and his angels. So there is reason to review our conclusions about the destinies of redeemed mankind and fallen angels.

The eleventh word, *eleēsē*, reveals the grand conclusion of grace in Romans 11:32. Please understand these eleven words. The original translation is unaltered and a highlighted note is added to 64 Old Testament and 200 New Testament verses. To help parallel study and Strong's Concordance use, apocryphal text is removed and most variant verse numbering is mapped to the English standard. We thank our sources at eBible.org, Crosswire.org, unbound.Biola.edu, Bible4u.net, and NHEB.net. The Aionian Bible is copyrighted with creativecommons.org/licenses/by/4.0, allowing 100% freedom to copy and print, if respecting source copyrights. Check the Reader's Guide and read at AionianBible.org, with Android, and with TOR network. Why purple? King Jesus' Word is royal and purple is the color of royalty! All profits are given to CoolCup.org.

# History

Tagalog at AionianBible.org/History

06/21/75 - Two boys, P. and J., wonder if Jesus saves all and pray.
04/15/85 - Aionian Bible conceived as B. and J. pray.
12/18/13 - Aionian Bible announced as J. and J. pray.
06/21/15 - Aionian Bible birthed as G. and J. pray.
01/11/16 - AionianBible.org domain registered.
06/21/16 - 30 translations available in 12 languages.
12/07/16 - Nainoia Inc established as non-profit corporation.
01/01/17 - Creative Commons Attribution No Derivatives 4.0 license added.
01/16/17 - Aionian Bible Google Play Store App published.
07/01/17 - 'The Purple Bible' nickname begins.
07/30/17 - 42 translations now available in 22 languages.
02/01/18 - Holy Bible Aionian Edition® trademark registered.
03/06/18 - Aionian Bibles available in print at Amazon.com.
09/15/18 - Aionian Bible dedicated as J. and J. pray again.
10/20/18 - 70 translations now available in 33 languages.
11/17/18 - 104 translations now available in 57 languages.
03/24/19 - 135 translations now available in 67 languages.
10/28/19 - Aionian Bible nursed as another J. and J. pray.
10/31/19 - 174 translations now available in 74 languages.
02/22/20 - Aionian Bibles available in print at Lulu.com.
05/25/20 - Illustrations by Gustave Doré, La Grande Bible de Tours, Felix Just.
08/29/20 - Aionian Bibles now available in ePub format.
12/01/20 - Right to left and Hindic languages now available in PDF format.
03/31/21 - 214 translations now available in 99 languages.
11/17/21 - Aionian Bible Branded Leather Bible Covers now available.
12/20/21 - Social media presence on Facebook, Twitter, LinkedIn, YouTube, etc.
01/01/22 - 216 translations now available in 99 languages.
01/09/22 - StudyPack resources for Bible translation study.
01/23/22 - Volunteers celebrate with pie and prayer.
02/14/22 - Strong's Concordance from Open Scriptures and STEPBible.
02/14/23 - Aionian Bible published on the TOR Network.
12/04/23 - Eleēsē added to the Aionian Glossary.
02/04/24 - 352 translations now available in 142 languages.
05/01/24 - 370 translations now available in 164 languages.
08/05/24 - 378 translations now available in 165 languages.
08/18/24 - Creative Commons Attribution 4.0 International, if source allows.
10/20/24 - Gospel Primer handout format.
11/24/24 - Progressive Web Application off-line format.
01/28/25 - All profits are given to CoolCup.org.
03/12/25 - 382 translations now available in 166 languages.
05/04/25 - 393 translations now available in 175 languages.
05/27/25 - 462 translations now available in 229 languages.

# Talaan ng Nilalaman

**BAGONG TIPAN**


Genesis ..........11
Exodo .......... 54
Levitico .......... 91
Mga Bilang .......... 120
Deuteronomio .......... 159
Josue .......... 192
Mga Hukom .......... 213
Ruth .......... 235
1 Samuel .......... 238
2 Samuel .......... 266
1 Mga Hari .......... 290
2 Mga Hari .......... 318
1 Mga Cronica .......... 344
2 Mga Cronica .......... 368
Ezra .......... 398
Nehemias .......... 406
Ester .......... 419
Job .......... 426
Mga Awit .......... 450
Mga Kawikaan .......... 503
Mangangaral .......... 524
Awit ng mga Awit .......... 532
Isaias .......... 536
Jeremias .......... 578
Panaghoy .......... 628
Ezekiel .......... 633
Daniel .......... 679
Hosea .......... 693
Joel .......... 700
Amos .......... 703
Obadias .......... 708
Jonas .......... 709
Mikas ..........711
Nahum .......... 715
Habacuc .......... 717
Zefanias .......... 719
Hagai .......... 721
Zacarias .......... 723
Malakias .......... 731



**LUMANG TIPAN**


Mateo .......... 737
Marcos .......... 766
Lucas .......... 784
Juan .......... 815
Mga Gawa .......... 838
Mga Roma .......... 867
1 Mga Corinto .......... 880
2 Mga Corinto .......... 893
Mga Galacia .......... 901
Mga Efeso .......... 905
Mga Filipos .......... 909
Mga Colosas .......... 912
1 Mga Tesalonica .......... 915
2 Mga Tesalonica .......... 918
1 Timoteo .......... 920
2 Timoteo .......... 924
Tito .......... 927
Filemon .......... 929
Mga Hebreo .......... 930
Santiago .......... 940
1 Pedro .......... 944
2 Pedro .......... 948
1 Juan .......... 951
2 Juan .......... 954
3 Juan .......... 955
Judas .......... 956
Pahayag .......... 957


**APENDIKS**


Gabay sa mga Mambabasa
Glossary
Mapa
Itinalaga
Mga Ilustrasyon, Doré

# BAGONG TIPAN




*Kaya pinalabas ng Diyos ang lalaki mula sa hardin, at nilagay niya ang querubin sa silangan ng hardin ng Eden, at isang nagliliyab na espada na umiikot sa bawat panig, upang bantayan ang daan patungo sa puno ng buhay.*

Genesis 3:24

# Genesis

**1** Noong simula nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa. **2** Ang lupa ay walang anyo at walang laman. Ang kadiliman ay nasa ibabaw ng kalaliman. Ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos sa ibabaw ng katubigan. **3** Sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng liwanag" at nagkaroon ng liwanag. **4** Nakita ng Diyos na ang liwanag ay kaaya-aya. Hiniwalay niya ang liwanag mula sa kadiliman. **5** Tinawag ng Diyos ang liwanag na "araw," at ang kadiliman ay tinawag niyang "gabi". Naggabi at nag-umaga, ito ang unang araw. **6** Sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng puwang sa pagitan ng mga tubig, at hayaang ihiwalay nito ang tubig mula sa tubig." **7** Ginawa ng Diyos ang puwang at hiniwalay niya ang tubig na nasa silong ng kalawakan mula sa tubig na nasa ibabaw ng kalawakan. At nagkagayon nga. **8** Tinawag ng Diyos ang puwang na "langit." Naggabi at nag-umaga, ito ang ikalawang araw. **9** Sinabi ng Diyos, "Hayaang ang katubigang nasa ilalim ng langit ay sama-samang magtipon sa isang lugar, at hayaang lumitaw ang tuyong lupain." At nagkagayon nga. **10** Tinawag ng Diyos ang tuyong lupain na "lupa" at ang natipong tubig ay tinawag niyang "dagat." Nakita niyang ito ay kaaya-aya. **11** Sinabi ng Diyos, "Hayaang tumubo ang halaman sa lupa: mga pananim na nagbibigay ng buto at mga namumungang punong kahoy na kung saan ang buto nito'y nasa loob ng kanyang bunga, ayon sa kanyang sariling uri." At nagkagayon nga. **12** Tinubuan ng halaman ang lupa, mga pananim na nagbibigay ng buto mula sa kanilang uri, at mga namumungang punong kahoy na taglay nito ang buto, mula sa kanilang uri. Nakita ng Diyos na ito ay kaaya-aya. **13** Naggabi at nag-umaga, ito ang ikatlong araw. **14** Sinabi ng Diyos, "Hayaang magkaroon ng mga liwanag sa langit upang ihiwalay ang araw mula sa gabi. At hayaan silang maging mga palatandaan, para sa mga panahon, para sa mga araw at sa mga taon. **15** Hayaan silang maging mga liwanag sa langit upang magbigay liwanag sa ibabaw ng mundo." At nagkagayon nga. **16** Ginawa ng Diyos ang dalawang malaking mga liwanag, ang mas malaking liwanag upang pamunuan ang araw, at ang mas maliit na liwanag upang pamunuan ang gabi. Ginawa rin niya ang mga bituin. **17** Inilagay sila ng Diyos sa langit upang magbigay liwanag sa ibabaw ng mundo, **18** upang pamunuan ang buong araw at ang buong gabi, at upang ihiwalay ang liwanag sa kadiliman. Nakita ng Diyos na ito ay kaaya-aya. **19** Naggabi at nag-umaga, ito ang ikaapat na araw. **20** Sinabi ng Diyos, "Hayaang mapuno ang katubigan ng lahat ng uri ng buhay na nilalang na ginawa ko, mapuno ang himpapawid ng mga ibong lumilipad sa ibabaw ng lupa." **21** Kaya't nilikha ng Diyos ang malalaking nilalang na naninirahan sa dagat, gayon din ang bawat buhay na nilikha ayon sa kanyang uri, mga nilalang na kumikilos at nagkukumpol sa katubigan, at bawat mga ibong may pakpak ayon sa kanyang uri. Nakita ng Diyos na ito ay kaaya-aya. **22** Pinagpala sila ng Diyos, sinasabing, "Maging mabunga kayo at magpakarami, punuin niyo ang katubigan sa mga dagat. Hayaang dumami ang mga ibon sa mundo. **23** Naggabi at nag-umaga, ito ang ikalimang araw. **24** Sinabi ng Diyos, "Hayaang magdulot ang mundo ng buhay na mga nilalang, bawat isa ayon sa kanyang sariling uri, mga hayop, mga gumagapang na bagay, at mga mababangis na hayop ng mundo, bawat isa nito ayon sa kanyang sariling uri". Nagkagayon nga. **25** Ginawa ng Diyos ang mga mababangis na hayop sa mundo ayon sa kanilang uri, ang mga hayop ayon sa kanilang mga uri, at lahat ng bagay na gumagapang sa ibabaw ng lupa ayon sa kanyang uri. Nakita niya na ito ay kaaya-aya. **26** Sinabi ng Diyos, "Gawin natin ang tao ayon sa ating wangis, ayon sa ating larawan. Hayaan silang mamahala sa isda sa dagat, sa mga ibon sa langit, sa mga hayop, sa buong mundo, at sa lahat ng gumagapang na bagay na gumagapang sa mundo. **27** Nilikha ng Diyos ang tao ayon sa kanyang sariling wangis. Ayon sa kanyang wangis nilikha niya siya. Lalaki at babae nilikha niya sila. **28** Pinagpala sila ng Diyos at sinabihan silang, "Maging mabunga kayo, at magpakarami. Punuin niyo ang mundo, at supilin ito. Maging tagapamahala kayo sa isda sa dagat, sa mga ibon sa langit, at sa lahat ng buhay na bagay na kumikilos sa ibabaw ng mundo." **29** Sinabi ng Diyos, "Tingnan ninyo, ibinigay ko sa inyo ang bawat pananim na nagbibigay ng buto na nasa ibabaw ng buong mundo, at bawat punong-kahoy kasama ang bungang may buto sa loob nito. Sila ay magiging pagkain ninyo. **30** Sa bawa't hayop sa mundo, sa bawat ibon sa kalangitan, at sa lahat ng bagay na gumagapang sa ibabaw ng mundo, at sa bawat nilikhang may hininga ng buhay ibinigay ko ang bawat luntiang halaman para maging pagkain." At nagkagayon nga. **31** Nakita ng Diyos ang lahat ng bagay na kanyang ginawa. Pagmasdan, ito ay napakabuti. Naggabi at nag-umaga, ito ang ika anim araw.

**2** Kaya't ang kalangitan at ang mundo ay natapos, at ang lahat ng buhay na mga bagay na pumuno sa kanila. **2** Sa ikapitong araw dumating ang Diyos sa pagtatapos ng gawain na kanyang ginawa, at siya ay nagpahinga sa ikapitong araw mula sa lahat niyang gawain. **3** Pinagpala ng Diyos ang ikapitong araw at ginawang banal ito, dahil doon siya nagpahinga mula sa lahat ng gawain na kanyang nagawa sa kanyang paglikha. **4** to ang mga kaganapan ukol sa kalangitan at sa mundo, nang sila ay nilikha, sa araw na ginawa ni Yahweh na Diyos ang lupa at ang kalangitan. **5** Wala pang halamang bukid ang nasa mundo, at wala pang

pananim ng bukid ang tumutubo, sapagkat hindi pa dinulot ni
Yahweh na Diyos na umulan sa ibabaw ng mundo, at walang
taong bubungkal ng lupa. 6 Pero umakyat ang hamog mula
sa mundo at diniligan ang buong ibabaw ng lupa. 7 Si
Yahweh na Diyos ay ginawa ang tao mula sa alabok ng
lupa, at hiningahan ang mga butas ng kanyang ilong ng
hininga ng buhay, at ang tao ay naging buhay na nilalang. 8
Nagtanim si Yahweh na Diyos ng isang hardin pasilangan,
sa Eden, at doon niya inilagay ang taong kanyang nilikha.
9 Mula sa lupa Pinatubo ni Yahweh na Diyos ang bawat
punong kaaya-aya sa paningin at mabuti para sa pagkain.
Kasama rito ang puno ng buhay na nasa gitna ng hardin, at
ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama. 10 Lumabas
ang isang ilog sa Eden para diligan ang hardin. Mula roon
ito ay nahati at naging apat na ilog. 11 Ang pangalan ng
unang ilog ay Pishon. Iyon ang umaagos sa buong lupain ng
Havila, kung saan mayroong ginto. 12 Ang ginto sa lupang
iyon ay mabuti. Mayroon ding bedelio at ang batong onise.
13 Ang pangalan ng pangalawang ilog ay Gihon. Ang isang
ito ay umaagos sa buong lupain ng Cush. 14 Ang pangalan
ng pangatlong ilog ay Tigris, na umaagos sa silangan ng
Asshur. Ang pang-apat na ilog ay ang Eufrates. 15 Kinuha
ni Yahweh na Diyos ang lalaki at inilagay siya sa hardin
ng Eden upang trabahuin at alagaan ito. 16 Inutusan ni
Yahweh na Diyos ang lalaki, sinasabing, “Mula sa bawat
puno sa hardin ay malaya kang makakakain. 17 Pero mula
sa puno ng kaalaman ng mabuti at masama ay hindi ka
maaaring kumain, sapagkat sa araw na kumain ka mula
roon, ikaw ay tiyak na mamamatay.” 18 Pagkatapos sinabi ni
Yahweh na Diyos, “Hindi mabuti na ang lalaki ay nag-iisa.
Gagawa ako ng katuwang na babagay para sa kanya.” 19
Mula sa lupa ginawa ni Yahweh na Diyos ang bawat hayop
sa bukid at bawat ibon sa langit. Pagkatapos dinala niya sila
sa lalaki upang makita kung ano ang itatawag niya sa kanila.
Anuman ang itinawag ng lalaki sa bawat buhay na nilikha,
iyon ang kanyang pangalan. 20 Ang lalaki ay nagbigay ng
mga pangalan para sa lahat ng mga hayop, sa lahat ng
mga ibon sa langit, at sa bawat mabangis na hayop sa
bukid. Pero para sa lalaki mismo ay walang nahanap na
katuwang na babagay para sa kanya. 21 Dinulot ni Yahweh
na Diyos na makatulog nang mahimbing ang lalaki, kaya
nakatulog ang lalaki. Kumuha si Yahweh na Diyos ng isa
sa kanyang mga tadyang at isinara ang laman kung saan
niya kinuha ang tadyang. 22 Sa pamamagitan ng tadyang
na kinuha ni Yahweh na Diyos mula sa lalaki, ginawa niya
ang babae at dinala siya sa lalaki. 23 Sinabi ng lalaki, “Sa
oras na ito, ito ang buto ng aking mga buto, at laman ng
aking laman. Tatawagin siyang 'babae', dahil kinuha siya sa
lalaki.” 24 Kaya iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ang
kanyang ina, makikipag-isa siya sa kanyang asawa, at sila
ay magiging isang laman. 25 Kapwa sila hubad, ang lalaki at
ang kanyang asawa, pero hindi sila nahihiya.

3 Ngayon ang ahas ay higit na tuso kaysa sa anumang
ibang mabangis na hayop sa bukid na ginawa ni Yahweh
na Diyos. Sinabi niya sa babae, “Talaga bang sinabi ng
Diyos, “Hindi kayo dapat kumain mula sa anumang puno ng
hardin?” 2 Sinabi ng babae sa ahas, “Maaari naming kainin
ang bunga mula sa mga puno ng hardin, 3 pero tungkol sa
bunga ng puno na nasa gitna ng hardin, sinabi ng Diyos,
“Hindi ninyo maaaring kainin ito, ni hindi ninyo ito maaaring
hawakan, o mamamatay kayo.'” 4 Sinabi ng ahas sa babae,
“Tiyak na hindi kayo mamamatay. 5 Dahil alam ng Diyos na
sa araw na kainin ninyo ito mabubuksan ang inyong mga
mata, at kayo ay magiging tulad ng Diyos, na nakaaalam ng
mabuti at masama.” 6 At nang nakita ng babae na ang puno
ay mabuti para sa pagkain at kaaya-aya sa paningin, at ang
puno ay kanais-nais para gawing matalino ang isang tao,
kumuha siya ng bunga nito at kinain ito. At binigyan niya
ang kanyang asawa na kasama niya, at kinain niya ito. 7
Parehong nabuksan ang kanilang mga mata, at nalaman
nilang sila ay hubad. Pinagsama-sama nilang tinahi ang
mga dahon ng igos at gumawa ng mga pantakip para sa
kanilang mga sarili. 8 Narinig nila ang tunog ni Yahweh
na Diyos na naglalakad sa hardin sa kalamigan ng araw,
kaya ang lalaki at ang kanyang asawa ay nagtago mula sa
presensya ni Yahweh na Diyos sa mga punong-kahoy ng
hardin. 9 Tinawag ni Yahweh na Diyos ang lalaki at sinabi sa
kanya, “Nasaan ka?” 10 Sinabi ng lalaki, “Narinig kita sa
hardin, at natakot ako, dahil ako ay hubad. Kaya itinago
ko ang aking sarili.” 11 Sinabi ng Diyos, “Sinong nagsabi
sa iyo na ikaw ay hubad? Kumain ka ba mula sa punong
iniutos kong huwag mong kakainan?” 12 Sinabi ng lalaki,
“Ang babae na ibinigay mo sa akin, binigyan niya ako ng
bunga mula sa puno at kinain ko ito.” 13 Sinabi ni Yahweh
na Diyos sa babae, “Ano ba itong ginawa mo?” Sinabi ng
babae, “Nilinlang ako ng ahas, at kumain ako.” 14 Sinabi ni
Yahweh na Diyos sa ahas, “Dahil ginawa mo ito, sumpain
ka sa lahat ng mga hayop at sa lahat ng mababangis na
hayop sa bukid. Gagapang ka sa pamamagitan ng iyong
tiyan at alikabok ang iyong kakainin sa lahat ng araw ng
iyong buhay. 15 Maglalagay ako ng poot sa pagitan mo at ng
babae, at sa pagitan ng iyong binhi at ng kanyang binhi.
Dudurugin niya ang iyong ulo, at tutuklawin mo ang kanyang
sakong.” 16 Sinabi niya sa babae, “Higit kong patitindihin
ang sakit mo sa panganganak; sa sakit ka magsisilang ng
mga anak. Ang iyong pagnanais ay para sa iyong asawa,
subalit pamumunuan ka niya.” 17 Sinabi niya kay Adan,
“Dahil nakinig ka sa boses ng iyong asawa, at kumain mula

sa puno, kung alin ay iniutos ko sa iyo, nang sinabi kong,
“Hindi kayo maaaring kumain mula rito,' sinumpa ang lupa
dahil sa iyo; sa matinding pagpapagal kakain ka mula rito sa
lahat ng mga araw ng iyong buhay. **18** Ito ay tutubuan ng
mga tinik at mga damo para sa iyo, at kakainin mo ang mga
pananim sa bukid. **19** Kakain ka ng tinapay sa pamamagitan
ng pawis ng iyong mukha, hanggang ikaw ay bumalik sa
lupa, dahil kinuha ka mula rito. Dahil ikaw ay alikabok, at sa
alikabok ka rin babalik.” **20** Tinawag ng lalaki ang kanyang
asawa sa pangalang Eva dahil siya ang ina ng lahat ng
mga nabubuhay. **21** Gumawa si Yahweh na Diyos ng mga
kasuotang balat para kay Adan at para sa kanyang asawa
at dinamitan sila. **22** Sinabi ni Yahweh na Diyos, “Ngayon
ang tao ay naging tulad na natin, na nakaaaalam ng mabuti
at masama. Ngayon hindi siya dapat pahintulutang abutin
ng kanyang kamay, at kumuha mula sa puno ng buhay at
kumain nito, at mabuhay nang walang hanggan.” **23** Kaya
pinalabas sila ni Yahweh na Diyos mula sa hardin ng Eden,
para bungkalin ang lupa kung saan siya kinuha. **24** Kaya
pinalabas ng Diyos ang lalaki mula sa hardin, at nilagay
niya ang querubin sa silangan ng hardin ng Eden, at isang
nagliliyab na espada na umiikot sa bawat panig, upang
bantayan ang daan patungo sa puno ng buhay.

**4** Ang lalaki ay sumiping sa kanyang asawang si Eva.
Siya ay nabuntis at isinilang niya si Cain. Sinabi niya,
“Nagkaroon ako ng lalaki sa tulong ni Yahweh.” **2** Pagkatapos
ay isinilang niya ang lalaking kapatid nitong si Abel. Naging
pastol si Abel, pero si Cain ay nagbungkal ng lupa. **3** At
nangyari na sa paglipas ng panahon dinala ni Cain ang ilan
sa bunga ng lupa bilang handog kay Yahweh. **4** Si Abel
naman ay nagdala ng ilan sa panganay ng kanyang kawan
at ilan sa taba. Tinanggap ni Yahweh si Abel at ang kanyang
handog, **5** pero hindi niya tinanggap si Cain at ang kanyang
handog. Kaya lubhang nagalit si Cain, at sumimangot siya.
**6** Sinabi ni Yahweh kay Cain, “Bakit ka nagagalit at bakit
ka sumisimangot? **7** Kung gagawin mo ang tama, hindi
ka ba tatanggapin? Pero kung hindi mo ginagawa ang
tama, ang kasalanan ay nag-aabang sa pinto at ninanais
na mamahala sa iyo, subalit dapat mo itong pamunuan.” **8**
Kinausap ni Cain si Abel na kanyang kapatid. At nangyari
na habang sila ay nasa bukid, tumindig si Cain laban sa
kanyang kapatid na si Abel at pinatay niya ito. **9** Pagkatapos
sinabi ni Yahweh kay Cain, “Nasaan ang iyong kapatid na si
Abel?” Sinabi niya, “Hindi ko alam. Tagapangalaga ba ako
ng aking kapatid?” **10** Sinabi ni Yahweh, “Ano ang ginawa
mo? Tumatawag sa akin ang dugo ng iyong kapatid mula sa
lupa. **11** Ngayon isinumpa ka mula sa lupa, na nagbukas ng
bunganga nito upang tanggapin ang dugo ng iyong kapatid
mula sa iyong kamay. **12** Kapag ikaw ay magbubungkal ng
lupa, mula ngayon hindi na nito isusuko sa iyo ang kanyang
lakas. Magiging palaboy at pagala-gala ka sa mundo.” **13**
Sinabi ni Cain kay Yahweh, “Ang parusa ko ay higit kaysa sa
aking makakaya. **14** Sa katunayan, itinaboy mo ako sa araw
na ito mula sa lupang ito, at ako ay itatago mula sa iyong
mukha. Magiging palaboy ako at pagala-gala sa mundo, at
kung sinuman ang makasusumpong sa akin ay papatayin
ako.” **15** Sinabi ni Yahweh sa kanya, “Kung sinuman ang
papatay kay Cain, makapitong beses siyang gagantihan.”
Kaya nilagyan ni Yahweh ng palatandaan si Cain upang
sinumang makasumpong sa kanya, hindi siya lulusubin ng
taong iyon. **16** Kaya umalis si Cain mula sa presensya ni
Yahweh at nanirahan sa lupain ng Nod, sa silangan ng
Eden. **17** Sinipingan ni Cain ang kanyang asawa at nabuntis
ito. Isinilang niya si Enoc. Nagtatag siya ng isang lungsod at
pinangalanan niya ito sunod sa kanyang anak na si Enoc.
**18** Kay Enoc isinilang si Irad. Si Irad ang naging ama ni
Mehujael. Si Mehujael ang naging ama ni Metusael. Si
Metusael ang naging ama ni Lamec. **19** Si Lamec ay kumuha
ng dalawang asawa para sa kanyang sarili: ang pangalan
ng isa ay si Ada, at ang pangalan ng isa pa ay si Zilla. **20**
Isinilang ni Ada si Jabal. Siya ay ama ng lahat ng nakatira
sa mga tolda na may mga alagang hayop. **21** Ang pangalan
ng kanyang kapatid na lalaki ay Jubal. Siya ang ama ng
lahat ng mga manunugtog ng alpa at plauta. **22** Si Zilla
naman, naging anak niya si Tubal Cain, ang nagpapanday
ng mga kagamitang tanso at bakal. Ang babaeng kapatid ni
Tubal Cain ay si Naama. **23** Sinabi ni Lamec sa kanyang
dalawang asawa, “Ada at Zilla dinggin ninyo ang aking tinig;
kayong mga asawa ni Lamec, makinig kayo sa sasabihin
ko. Nakapatay ako ng isang tao dahil sinugatan ako, isang
binata dahil sa pananakit sa akin. **24** Kung ipaghihiganti si
Cain ng makapitong ulit, sa gayon si Lamec ay ipaghihiganti
ng pitumpu't-pitong ulit.” **25** Si Adan ay muling sumiping sa
kanyang asawa, at siya ay nagkaanak ng isa pang anak na
lalaki. Tinawag niya itong Set at sinabing, “Binigyan muli
ako ng Diyos ng anak na lalaki kapalit ni Abel, dahil pinatay
siya ni Cain.” **26** Si Set ay nagkaroon ng anak na lalaki at
tinawag niya itong Enos. Sa panahong iyon ang mga tao ay
nagsimulang tumawag sa pangalan ni Yahweh.

**5** Ito ang talaan ng mga kaapu-apuhan ni Adan. Sa araw na
nilikha ng Diyos ang sangkatauhan, ginawa niya sila ayon
sa kanyang wangis. **2** Nilikha niya silang lalaki at babae.
Pinagpala niya sila at pinangalanan silang sangkatauhan
nang sila ay likhain. **3** Nang nabuhay si Adan ng 130 taon,
siya ay naging ama ng isang anak na lalaki na ayon sa
kanyang sariling wangis, sunod sa kanyang larawan, at
pinangalanan niya itong Set. **4** Pagkatapos na si Adan ay
naging ama ni Set, nabuhay siya ng walondaang taon. Siya

ay naging ama ng higit na marami pang mga anak na lalaki
at mga anak babae. 5 Nabuhay si Adan ng 930 taon, at
pagkatapos siya ay namatay. 6 Nang nabuhay si Set ng 105
taon, siya ay naging ama ni Enos. 7 Pagkatapos na siya ay
naging ama ni Enos, nabuhay siya ng 807 taon at naging
ama ng mas marami pang mga anak na lalaki at mga anak
na babae. 8 Nabuhay si Set ng 912 taon, at pagkatapos siya
ay namatay. 9 Nang nabuhay si Enos ng siyamnapung taon,
naging ama siya ni Kenan. 10 Pagkatapos na siya ay naging
ama ni Kenan, si Enos ay nabuhay ng 815 taon. Siya ay
naging ama ng mas marami pang mga anak na lalaki at
mga anak na babae. 11 Nabuhay si Enos ng 905 taon, at
pagkatapos siya ay namatay. 12 Nang nabuhay si Kenan
ng pitumpung taon, siya ay naging ama ni Mahalalel. 13
Pagkatapos na siya ay naging ama ni Mahalalel, nabuhay si
Kenan ng 840 taon. Siya ay naging ama ng mas marami
pang mga anak na lalaki at mga anak na babae. 14 Nabuhay
si Kenan ng 910 taon at pagkatapos siya ay namatay. 15
Nang nabuhay si Mahalalel ng animnapu't limang taon, siya
ay naging ama ni Jared. 16 Pagkatapos na siya ay naging
ama ni Jared, nabuhay si Mahalalel ng 830 taon. Siya ay
naging ama ng mas marami pang mga anak na lalaki at mga
anak na babae. 17 Nabuhay si Mahalalel ng 895 taon at
pagkatapos siya ay namatay. 18 Nang nabuhay si Jared ng
162 taon, siya ay naging ama ni Enoc. 19 Pagkatapos niyang
naging ama ni Enoc, nabuhay si Jared ng walong daang
taon. Siya ay naging ama ng mas marami pang mga anak
na lalaki at mga anak na babae. 20 Nabuhay si Jared ng
962 taon, at pagkatapos siya ay namatay. 21 Nang nabuhay
si Enoc ng animnapu't limang taon, siya ay naging ama
ni Metusalem. 22 Lumakad si Enoc na kasama ang Diyos
sa tatlong daang taon pagkatapos na siya ay naging ama
ni Metusalem. Siya ay naging ama ng mas marami pang
mga anak na lalaki at mga anak na babae. 23 Nabuhay si
Enoc ng 365 taon. 24 Lumakad si Enoc na kasama ang
Diyos, at pagkatapos siya ay nawala, dahil kinuha siya ng
Diyos. 25 Nang nabuhay si Metusalem ng 187 taon, siya ay
naging ama ni Lamec. 26 Pagkatapos na siya ay naging
ama ni Lamec, nabuhay si Metusalem ng 782 taon. Siya ay
naging ama ng mas marami pang mga anak na lalaki at
mga anak na babae. 27 Nabuhay si Metusalem ng 969 taon.
Pagkatapos siya ay namatay. 28 Nang nabuhay si Lamec ng
182 taon, siya ay naging ama ng isang lalaki. 29 Tinawag
niya siya sa pangalang Noe, sinabing, “Ang isang ito ang
magbibigay kapahingahan sa atin mula sa ating trabaho at
mula sa kapaguran ng ating mga kamay, na dapat nating
gawin dahil sa lupang isinumpa ni Yahweh.” 30 Nabuhay si
Lamec ng 595 taon pagkatapos na siya ay naging ama ni
Noe. Siya ay naging ama ng mas marami pang mga anak na
lalaki at mga anak na babae. 31 Nabuhay si Lamec ng 777
taon. Pagkatapos siya ay namatay. 32 Matapos mabuhay ni
Noe ng limandaang taon, siya ay naging ama nina Sem,
Ham at Jafet.

6 At nangyari na nang nagsimulang dumami ang
sangkatauhan sa mundo at ang mga anak na babae
ay isinilang sa kanila, 2 na nakita ng mga anak na
lalaki ng Diyos na kaakit-akit ang mga anak na babae ng
sangkatauhan. Kumuha sila ng mga asawa para sa kanilang
sarili, kahit sino sa kanila na mapili nila. 3 Sinabi ni Yahweh,
“Ang aking espiritu ay hindi mananatili sa sangkatauhan
magpakailanman, sapagkat sila ay laman. Mabubuhay sila
ng 120 taon.” 4 Nasa mundo ang mga higante noong mga
araw na iyon, at ganun din pagkatapos. Ito ay nangyari nang
pinakasalan ng mga anak na lalaki ng Diyos ang mga anak
na babae ng tao, at nagkaroon sila ng mga anak sa kanila.
Ito ang mga malalakas na tao noong unang panahon, at mga
lalaking kilala. 5 Nakita ni Yahweh ang labis na kasamaan
ng sangkatauhan sa mundo, at ang bawat pagkahilig ng
kanilang puso ay patuloy na kasamaan lamang. 6 Nalungkot
si Yahweh na ginawa niya ang sangkatauhan sa mundo, at
ito ay nagdulot ng dalamhati sa kanyang puso. 7 Kaya sinabi
ni Yahweh, “Lilipulin ko ang sangkatauhang nilikha ko mula
sa ibabaw ng mundo; kapwa ang sangkatauhan at ang higit
na malalaking mga hayop, at gumagapang na mga bagay
sa lupa at mga ibon sa kalangitan, dahil pinagsisihan kong
ginawa ko sila.” 8 Pero nakasumpong si Noe ng pagtatangi
sa mata ni Yahweh. 9 Ito ang mga pangyayari patungkol kay
Noe. Matuwid, at walang kapintasan si Noe sa gitna ng mga
tao sa kanyang kapanahunan. Lumakad si Noe kasama ng
Diyos. 10 Naging ama siya ng tatlong mga anak na lalaki:
Sem, Ham at Jafet. 11 Ang mundo ay masama sa harapan
ng Diyos, at ito'y puno ng karahasan. 12 Nakita ng Diyos
ang mundo; masdan, ito ay masama, dahil lahat ng laman
ay pinasama ang kanilang gawi sa ibabaw ng mundo. 13
Sinabi ng Diyos kay Noe, “Nakikita kong panahon na upang
bigyang wakas ang lahat ng laman, sapagkat napuno na ng
karahasan ang mundo sa pamamagitan nila. Katunayan,
wawasakin ko sila kasama ng mundo. 14 Gumawa ka para
sa iyong sarili ng arka mula sa kahoy ng saypres. Gumawa
ka ng mga silid sa arka, takpan mo ito ng aspalto sa loob at
labas. 15 Ganito mo ito gagawin: tatlong daang kubit ang
haba ng arka, limampung kubit ang luwag nito, at tatlumpung
kubit ang taas nito. 16 Gumawa ka ng bubong para sa arka,
at tapusin mo ito sa isang kubit mula sa itaas ng tagiliran.
Maglagay ka ng pinto sa gilid ng arka at gumawa ka ng
ilalim, pangalawa, at pangatlong palapag. 17 Makinig ka,
malapit ko nang ipadala ang baha ng mga tubig sa mundo,
upang lipulin ang lahat ng laman na may hininga ng buhay

dito mula sa silong ng langit. Lahat ng bagay na nasa mundo
ay mamamatay. 18 Subalit itatatag ko ang aking tipan sa iyo.
Papasok ka sa arka, ikaw, at ang iyong mga anak na lalaki,
iyong asawa at mga asawa ng iyong mga anak. 19 Mula sa
bawat nabubuhay na nilalang ng lahat ng laman, dalawa ng
bawat uri ang dapat mong dalhin sa arka, upang mananatili
silang buhay kasama mo, kapwa lalaki at babae. 20 Mga
ibon ayon sa kanilang uri, at ang mga malalaking hayop
ayon sa kanilang uri, bawat gumagapang na bagay sa lupa
ayon sa kanyang uri, dalawa ng bawat uri ay pupunta sa iyo,
upang panatilihin silang buhay. 21 Tipunin mo para sa sarili
mo ang bawat uri ng pagkaing makakain at itabi ito, para
maging pagkain para sa iyo at sa kanila." 22 Kaya ginawa ito
ni Noe. Ginawa niya ito, ayon sa lahat ng inutos ng Diyos.

**7** Sinabi ni Yahweh kay Noe, "Halika, ikaw at lahat ng
iyong sambahayan sa arka, sapagkat sa salinlahing ito
nakita ko na ikaw ay matuwid sa aking harapan. 2 Sa bawat
malinis na hayop magdala ka ng pitong lalaki at pitong
babae. At sa mga hayop na hindi malinis, magdala ka ng
dalawa, ang lalaki at kanyang kapares. 3 Gayundin ang
mga ibon sa kalangitan, magdala ka ng pitong lalaki at
pitong babae, upang mapanatili ang kanilang mga supling
sa ibabaw ng buong mundo. 4 Pagkalipas ng pitong araw
idudulot kong umulan sa mundo sa loob ng apatnapung araw
at apatnapung gabi. Lilipulin ko mula sa ibabaw ng lupa ang
bawat buhay na nilalang na aking ginawa." 5 Ginawa ni Noe
ang lahat ng iniutos ni Yahweh sa kanya. 6 Si Noe ay anim
na raang taong gulang nang dumating ang baha sa mundo.
7 Si Noe, ang kanyang mga anak na lalaki, ang kanyang
asawa, at ang mga asawa ng kanyang mga anak na lalaki ay
sama-samang pumasok sa arka dahil sa mga tubig ng baha.
8 Ang mga malinis at hindi malinis na mga hayop, mga ibon,
at lahat ng mga gumagapang sa lupa, 9 dala-dalawa, lalaki
at babae, ang pumunta kay Noe at pumasok sa arka, ayon
sa iniutos ng Diyos kay Noe. 10 Nangyari na matapos ang
pitong araw, dumating ang tubig ng baha sa mundo. 11 Sa
ika-anim na raang taon ng buhay ni Noe, sa pangalawang
buwan sa ikalabimpitong araw ng buwan, sa parehong araw,
ang lahat ng mga bukal ng kailaliman ay sumambulat, at ang
mga bintana ng langit ay nabuksan. 12 Nagsimulang umulan
sa mundo sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi.
13 Sa araw ding iyon si Noe at ang kanyang mga anak na
lalaki, na sina Sem, Ham, at Jafet, at ang asawa ni Noe,
at ang tatlong asawa ng kanyang mga anak na lalaki ay
kasama niyang pumasok sa arka. 14 Pumasok sila kasama
ang bawat mababangis na hayop ayon sa kanilang uri,
at bawat klase ng alagang mga hayop ayon sa kanilang
uri, at bawat gumagapang na bagay na gumagapang sa
mundo ayon sa kanilang uri, at bawat klase ng ibon ayon
sa kanilang uri, bawat uri ng nilikha na may mga pakpak.
15 Dalawa sa lahat ng laman na may hininga ng buhay ay
pumunta kay Noe at pumasok sa arka. 16 Ang mga hayop
na pumasok ay lalaki at babae ng lahat ng laman; pumasok
sila gaya ng iniutos ng Diyos sa kanya. Pagkatapos isinara ni
Yahweh ang pintuan sa likod nila. 17 Pagkatapos dumating
ang baha sa mundo sa loob ng apatnapung araw, at tumaas
ang tubig at binuhat ang arka. Umangat ito mula sa mundo.
18 Rumagasa ang tubig at lubhang tumaas sa mundo, at
lumutang ang arka sa ibabaw ng tubig. 19 Ang tubig ay
buong lakas na tumaas nang tumaas sa mundo. Tinakpan
nilang tuluyan ang lahat ng matataas na mga bundok na
nasa silong ng buong langit. 20 Tumaas ang mga tubig ng
labinlimang kubit sa ibabaw ng mga tuktok ng mga bundok.
21 Namatay ang lahat ng mga nabubuhay na nilalang na
gumagalaw sa ibabaw ng mundo: ang mga ibon, ang mga
alagang hayop, ang mga mababangis na hayop, lahat ng
nagkukumpol na mga nilikha na nagkumpol sa ibabaw ng
mundo, at lahat ng sangkatauhan. 22 Lahat ng nilalang na
may hininga nang espiritu ng buhay sa kanilang ilong, lahat
ng nasa tuyong lupa, nangamatay. 23 Kaya bawat buhay
na bagay na nasa ibabaw ng mundo ay nalipol, mula sa
sangkatauhan hanggang sa malalaking mga hayop, mga
gumagapang na mga bagay, at mga ibon sa himpapawid.
Nawasak silang lahat mula sa mundo. Tanging si Noe at ang
kanyang mga kasama sa arka ang natira. 24 Nangibabaw
ang tubig sa mundo sa loob ng isandaan at limampung
araw.

**8** Isinaalang-alang ng Diyos si Noe, lahat ng mga
mababangis na hayop, at lahat ng alagang mga hayop na
kasama niya sa arka. Ginawa ng Diyos na umihip ang isang
hangin sa ibabaw ng mundo, at nagsimulang humupa ang
tubig. 2 Ang mga bukal sa ilalim at ang mga bintana ng langit
ay nagsara, at tumigil ang pag-ulan. 3 Ang mga tubig baha
ay nagpatuloy na humupa mula sa mundo. At pagkalipas
ng isandaan at limampung araw, ang tubig ay lubhang
nabawasan. 4 Sumadsad ang arka sa ikapitong buwan, sa
ikalabimpitong araw ng buwan, sa ibabaw ng mga bundok
ng Ararat. 5 Ang tubig ay nagpatuloy na humupa hanggang
sa ikasampung buwan. Sa unang araw ng buwan, ang mga
tuktok ng mga bundok ay lumitaw. 6 At nangyari pagkaraan
ng apatnapung araw na binuksan ni Noe ang bintana ng
arka na kanyang ginawa. 7 Nagpalipad siya ng isang uwak
at ito ay nagparoo't nagparito hanggang sa natuyo ang tubig
mula sa mundo. 8 Pagkatapos ay nagpalipad siya ng isang
kalapati upang tingnan kung ang tubig ay humupa na mula
sa ibabaw ng lupa, 9 pero ang kalapati ay walang nakitang
lugar upang ipahinga ang kanyang paa, at bumalik ito sa
kanya sa arka, dahil natatakpan pa rin ng tubig ang buong

mundo. Iniabot niya ng kanyang kamay, at kinuha at dinala
niya ito kasama niya sa arka. **10** Naghintay siya ng pito pang
mga araw at pinalipad niyang muli ang kalapati mula sa arka.
**11** Bumalik ang kalapati sa kanya kinagabihan. Masdan! Sa
kanyang bibig ay may sariwang pitas ng dahon ng olibo.
Kaya nalaman ni Noe na ang tubig ay humupa mula sa
mundo. **12** Naghintay siya ng pito pang araw, at pinalipad
niyang muli ang kalapati. Hindi na ito muling bumalik sa
kanya. **13** Nangyari na sa ika-anim na raan at isang taon,
sa unang buwan, sa unang araw ng buwan, na natuyo na
ang mga tubig mula sa mundo. Inalis ni Noe ang takip
ng arka, tumingin sa labas, at masdan, nakita niya ang
ibabaw ng lupa ay tuyo na. **14** Sa pangalawang buwan ng
ikadalawampu't pitong araw ng buwan, ang mundo ay tuyo
na. **15** Sinabi ng Diyos kay Noe, **16** "Lumabas ka sa arka,
ikaw, ang iyong asawa, ang iyong mga anak na lalaki, at
ang mga asawa ng iyong mga anak na lalaki. **17** Dalhin mo
palabas ang bawat buhay na nilalang ng lahat ng laman
na kasama mo, pati na ang mga ibon, ang mga alagang
hayop, at ang bawat gumagapang na bagay na gumagapang
sa ibabaw ng mundo, upang sila ay lumaganap sa buong
mundo, maging mabunga, at magpakarami sa mundo." **18**
Kaya lumabas si Noe kasama ang kanyang mga anak na
lalaki, kanyang asawa, at mga asawa ng kanyang mga
anak na lalaki na kasama niya. **19** Bawat buhay na nilikha,
bawat gumagapang na bagay, at bawat ibon, lahat ng bagay
na gumagalaw sa mundo, ayon sa kanilang mga pamilya,
ay umalis sa arka. **20** Gumawa ng altar si Noe para kay
Yahweh. Kumuha siya ng ilang malinis na hayop at ilang
malinis na ibon, at naghandog ng handog na susunugin sa
altar. **21** Naamoy ni Yahweh ang kaaya-ayang halimuyak at
sinabi niya sa kanyang puso, "Hindi ko na muling susumpain
ang lupa dahil sa sangkatauhan, kahit na ang ninanais ng
kanilang mga puso ay masama mula sa pagkabata. Ni muli
kong wawasakin ang lahat ng may buhay, tulad nang ginawa
ko. **22** Habang ang mundo ay nananatili, ang panahon ng
pagtatanim at pag-aani, lamig at init, tag-araw at tagginaw,
at ang araw at gabi ay hindi hihinto."

**9** At pinagpala ng Diyos si Noe at ang kanyang mga anak
na lalaki, at sinabi sa kanila, "Maging mabunga kayo,
magpakarami, at punuin ang mundo. **2** Ang takot at ang
sindak sa inyo ay mapupunta sa bawat nabubuhay na hayop
sa mundo, sa bawat ibon sa langit, sa lahat ng bagay na
nasa lupa, at sa lahat ng isda sa karagatan. Ibinigay ko
ang mga ito sa inyong kamay. **3** Magiging pagkain para sa
inyo ang bawat gumagalaw na bagay na nabubuhay. Tulad
nang ibinigay ko sa inyo ang mga luntiang halaman, ngayon
ibinigay ko na ang bawat bagay sa inyo. **4** Subalit hindi
ninyo dapat kainin ang karneng may buhay pa—iyon ay ang
dugo nito—na narito. **5** Subalit para sa iyong dugo, ang
buhay na nasa iyong dugo, hihingin ko ang kabayaran. Mula
sa kamay ng bawat hayop hihingin ko ito. Mula sa kamay
ng sinumang tao, iyon ay, mula sa kamay na pumatay ng
kanyang kapatid, aking hihingin ang pagsusulit sa buhay ng
taong ito. **6** Sinuman ang magpapadanak ng dugo ng tao, sa
pamamagitan ng tao dadanak ang dugo niya, sapagkat ayon
sa wangis ng Diyos ay nilalang niya ang tao. **7** Para sa inyo,
maging mabunga kayo at magpakarami, lumaganap kayo
sa buong mundo at magpakarami rito." **8** At nakipag-usap
ang Diyos kay Noe at sa kanyang mga anak na kasama
niya, sinabing, **9** "Samantala ako, makinig kayo! Itatatag ko
ang kasunduan sa inyo at sa inyong mga kaapu-apuhang
susunod sa inyo, **10** at sa bawat nabubuhay na nilalang
na kasama ninyo, pati mga ibon at mga alagang hayop, at
bawat nilalang sa mundo na kasama ninyo, mula sa lahat
ng lumabas sa arka, hanggang sa bawat nabubuhay na
nilalang sa mundo. **11** Sa pamamagitan nito itinatatag ko
ang aking kasunduan sa inyo, na hindi na kailanman ang
lahat ng laman ay muling mawawasak sa pamamagitan
ng tubig baha. Hindi na kailanman muling magkakaroon
ng bahang sisira sa mundo." **12** Sinabi ng Diyos, "Ito ang
palatandaan ng kasunduang aking gagawin sa pagitan ko
at ninyo at sa bawat nabubuhay na nilalang na kasama
ninyo, sa lahat ng hinaharap na salinlahi: **13** Inilagay ko
ang aking bahaghari sa ulap, at ito ang palatandaan ng
kasunduan sa pagitan ko at ng mundo. **14** Ito ay mangyayari
kapag dinadala ko ang ulap sa ibabaw ng mundo at ang
bahaghari ay natatanaw sa ulap, **15** sa gayon isasaisip ko
ang aking kasunduan sa pagitan ko at ninyo, at sa bawat
nabubuhay na nilalang ng lahat ng laman. Ang mga tubig
ay hindi kailanman muling magiging bahang wawasak sa
lahat ng laman. **16** Ang bahag-hari ay mapapaloob sa mga
ulap at makikita ko ito, upang gunitain ang walang hangang
kasunduan sa pagitan ng Diyos at bawat nabubuhay na
nilalang ng lahat ng laman na nasa mundo." **17** At sinabi ng
Diyos kay Noe, "Ito ang palatandaan ng aking kasunduan na
aking itinatag sa pagitan ko at ng lahat ng laman na nasa
mundo. **18** Ang mga anak ni Noe na lumabas sa arka ay
sina Sem, Ham at Jafet. At si Ham ay ama ni Canaan. **19** Ito
ang tatlong anak ni Noe, at mula sa mga ito dumami ang
tao sa buong mundo. **20** Nagsimulang maging magsasaka
si Noe, at nagtanim siya ng ubasan. **21** Uminom siya ng
kaunting alak at nalasing. Siya ay nakahigang walang damit
sa kanyang tolda. **22** Pagkatapos si Ham, na ama ni Canaan,
ay nakita ang kahubaran ng kanyang ama at sinabi ito sa
kanyang dalawang kapatid na nasa labas. **23** Kaya kumuha
si Sem at Jafet ng damit at inilagay ito sa parehong balikat
nila, at patalikod na lumakad at tinakpan ang kahubaran ng

kanilang ama. Ang kanilang mga mukha ay lumihis sa ibang
direksyon, kaya hindi nila nakita ang kahubaran ng kanilang
ama. 24 Nang nagising si Noe mula sa kanyang kalasingan,
nalaman niya kung ano ang ginawa ng kanyang bunsong
anak na lalaki sa kanya. 25 Kaya sinabi niya, “Sumpain si
Canaan. Maging isang lingkod sana siya sa mga lingkod ng
kanyang mga kapatid.” 26 Sinabi rin niya, “Nawa si Yahweh,
ang Diyos ni Shem, ay pagpalain at nawa si Canaan ay
kanyang maging lingkod. 27 Palawakin nawa ng Diyos si
Jafet, at hayaan siyang gumawa ng kanyang tahanan sa
mga tolda ni Shem. Maging alipin nawa niya si Canaan.”
28 Matapos ang baha, nabuhay si Noe ng tatlondaan at
limampung taon. 29 Nabuhay si Noe sa loob ng siyam na
raan at limampung taon, at siya ay namatay.

**10** Ito ang mga kaapu-apuhan ng mga anak na lalaki ni
Noe, iyon ay, sina Sem, Ham at Jafet. Nagkaanak sila
ng mga lalaki pagkatapos ng baha. 2 Ang mga anak na
lalaki ni Japet ay sina Gomer, Magog, Madai, Javan, Tubal,
Meshec at Tiras. 3 Ang mga anak na lalaki ni Gomer ay
sina Askenaz, Rifat, Togarma. 4 Ang mga anak na lalaki ni
Jovan ay sina Elisha, Tarsis, Kitim at Dodanim. 5 Mula sa
mga ito humiwalay ang mga taong taga baybay-dagat at
umalis papunta sa kani-kanilang mga lupain, bawat isa ay
may sariling wika, ayon sa kanilang mga angkan, ayon sa
kanilang mga bansa. 6 Ang mga anak na lalaki ni Ham ay
sina Cus, Mizraim, Put, at Canaan. 7 Ang mga anak na lalaki
ni Cus ay sina Seba, Havila, Sabta, Raama at Sabteca.
Ang mga anak na lalaki ni Raama ay sina Sheba at Didan.
8 Si Cus ang naging ama ni Nimrod, ang naging kauna-
unahang manlulupig sa mundo. 9 Siya ay isang mahusay
na mangangaso sa harapan ni Yahweh. Kaya ang mga
ito'y sinabi, “Tulad ni Nimrod, na mahusay na mangangaso
sa harapan ni Yahweh.” 10 Ang naunang mga sentro ng
kanyang kaharian ay ang Babel, Eric, Acad at Calne, sa
lupain ng Sinar. 11 Mula sa lupaing iyon siya ay pumunta
sa Asiria at tinatag ang Nineve, Rehoboth Ir, Cale, 12 at
Resen, na nasa pagitan ng Nineve at Cale. Ito ay malaking
lungsod. 13 Si Mizraim ang naging ama ng mga Ludites,
mga Anamites, mga Lehabites, mga Napthuhites, 14 ng
mga Pathrusites, mga Casluhites (kung kanino nagmula
ang mga Filisteo), at mga Caphtorites. 15 Si Canaan ang
naging ama ni Sidon, na kanyang panganay, at ni Heth,
16 gayundin ng mga Jebuseo, ng mga Amoreo, ng mga
Gergeseo, 17 ng mga Hivita, ng mga Araceo, ng mga Sineo,
18 ng mga Arvadeo, ng mga Zemareo at ng mga Hamateo.
Pagkatapos kumalat ang mga angkan ng mga Cananeo. 19
Ang hangganan ng mga Cananeo ay mula sa Sidon, sa
direksyon ng Gerar, hanggang sa Gaza, at habang ang
isa ay patungong Sodoma, Gomorra, Adma, at Zeboim,
hanggang sa Lasha. 20 Ito ang mga anak na lalaki ni Ham,
ayon sa kanilang mga angkan, ayon sa kanilang mga wika,
sa kanilang mga lupain, at sa kanilang mga bansa. 21
Nagkaanak din ng mga lalaki si Sem, ang nakatatandang
kapatid na lalaki ni Jafet. Si Sem din ang ninuno ng lahat ng
tao sa Eber. 22 Ang mga anak na lalaki ni Sem ay sina Elam,
Asshur, Arfaxad, Lud, at Aram. 23 Ang mga anak na lalaki ni
Aram ay sina Uz, Hul, Gether, at Meshec. 24 Si Arfaxad
ang naging ama ni Shela, at si Shela ang naging ama ni
Eber. 25 Si Eber ay may dalawang anak na lalaki. Ang
pangalan ng isa ay Peleg, dahil sa kanyang panahon nahati
ang mundo. Ang pangalan ng kanyang lalaking kapatid
ay Joktan. 26 Si Joktan ang naging ama nina Almodad,
Sheleph, Hazarmavet, Jerah, 27 Hadoram, Uzal, Diklah, 28
Obal, Abimael, Sheba, 29 Ofir, Havila, at Jobab. Ang lahat
ng mga ito ay anak ni Joktan. 30 Ang kanilang nasasakupan
ay mula sa Mesha, hangang sa Sephar, ang bundok ng
Silangan. 31 Ito ang mga anak ni Sem, ayon sa kanilang mga
angkan at sa kanilang mga wika, sa kanilang mga lupain,
ayon sa kanilang mga bansa. 32 Ito ang mga angkan ng mga
anak na lalaki ni Noe, ayon sa kanilang mga tala ng angkan,
ng kanilang mga bansa. Mula sa mga ito nagkahiwalay ang
mga bansa at kumalat sa mundo matapos ang baha.

**11** Ngayon ang buong mundo ay gumagamit ng iisang
wika at parehong mga salita. 2 Sa kanilang paglalakbay
sa silangan, nakatagpo sila ng isang kapatagan sa lupain
ng Shinar at doon sila nanirahan. 3 Sinabi nila sa isa't
isa, “Halikayo, gumawa tayo ng mga laryo at lutuin nating
mabuti.” Laryo ang gamit nila sa halip na bato at alkitran
bilang semento. 4 Sinabi nila, “Halikayo, magtayo tayo
ng isang lungsod at isang tore para sa atin kung saan
ang tuktok ay aabot hanggang langit, at gumawa tayo ng
pangalan para sa ating mga sarili. Kung hindi natin gagawin
ito, magkakawatak-watak tayo sa buong mundo.” 5 Kaya
bumaba si Yahweh para tingnan ang lungsod at ang toreng
itinayo ng mga kaapu-apuhan ni Adan. 6 Sinabi ni Yahweh,
“Tingnan ninyo, sila ay iisang bayan na may iisang wika,
at sinisimulan nilang gawin ito! Hindi magtatagal lahat ng
gusto nilang gawin ay hindi na magiging imposible para sa
kanila. 7 Halikayo, bumaba tayo at lituhin natin ang kanilang
wika roon, para hindi nila maintindihan ang isa't isa. 8 Kaya
ikinalat sila ni Yahweh mula roon tungo sa lahat ng dako ng
mundo at huminto sila sa pagtatayo ng lungsod. 9 Kaya,
pinangalanan itong Babel, dahil doon nilito ni Yahweh ang
wika ng buong mundo at mula roon ikinalat sila ni Yahweh
sa iba't ibang dako ng mundo. 10 Ito ang mga kaapu-apuhan
ni Sem. Si Sem ay isandaang taong gulang, at naging ama
ni Arfaxad dalawang taon matapos ang baha. 11 Si Sem ay
nabuhay ng limandaang taon matapos siyang naging ama ni

Arfaxad. Naging ama rin siya ng iba pang mga anak na lalaki
at babae. 12 Nang tatlumpu't-limang taon na si Arfaxad, siya
ay naging ama ni Selah. 13 Nabuhay pa si Arfaxad ng 403
taon matapos siyang maging ama ni Selah, at naging ama
pa ng ibang anak na lalaki at babae. 14 Nang tatlumpung
taon na si Selah, siya ay naging ama ni Eber. 15 Nabuhay
pa si Selah ng 403 taon matapos siyang maging ama ni
Eber at naging ama pa ibang anak na lalaki at babae. 16
Nang tatlumpu't-apat na taon si Eber, siya ay naging ama ni
Peleg. 17 Nabuhay pa si Eber ng 430 taon matapos siyang
maging ama ni Peleg. Siya ay naging ama rin ng iba pang
mga anak na lalaki at babae. 18 Nang tatlumpung taon na si
Peleg, siya ay naging ama ni Reu. 19 Nabuhay pa si Peleg
ng 209 taon matapos siyang maging ama ni Peleg. Siya ay
naging ama rin ng iba pang mga anak na lalaki at babae. 20
Nang tatlumpu't dalawang taon na si Reu, siya ay naging
ama ni Serug. 21 Nabuhay pa si Reu ng 207 taon matapos
siyang maging ama ni Serug. Siya ay naging ama rin ng iba
pang mga anak na lalaki at babae. 22 Nang tatlumpung taon
na si Serug, siya ay naging ama ni Nahor. 23 Si Serug ay
nabuhay pa ng dalawandaang taon matapos siyang maging
ama ni Nahor. Siya ay naging ama rin ng iba pang mga anak
na lalaki at babae. 24 Nang dalawampu't-siyam na taon na si
Nahor, siya ay naging ama ni Terah. 25 Nabuhay pa si Nahor
ng 119 taon matapos siyang maging ama ni Terah. Siya ay
naging ama rin ng iba pang mga anak na lalaki at babae.
26 Matapos mamuhay si Terah ng pitumpung taon, siya ay
naging ama ni Abram, Nahor, and Haran. 27 Ngayon ito ang
mga kaapu-apuhan ni Terah. Si Terah ay naging ama nina
Abram, Nahor, at Haran, at si Haran ay naging ama ni Lot.
28 Namatay si Haran sa piling ng kaniyang amang si Terah
sa lupain na kaniyang sinilangan, sa Ur ng mga Caldeo. 29
Kumuha ng mga asawa sina Abram at Nahor. Ang pangalan
ng asawa ni Abram ay Sarai at ang pangalan ng asawa
ni Nahor ay Milcah, anak na babae ni Haran, na ama ni
Milcah at Iscah. 30 Ngayon si Sarai ay baog; siya ay walang
anak 31 Kinuha ni Terah ang anak niyang si Abram, si Lot
na anak ng kaniyang anak na si Haran, Sarai na kaniyang
manugang, asawa ng kaniyang anak na si Abram, at sama-
sama nilang iniwan ang Ur ng mga Caldeo, para pumunta
sa lupain ng Canaan. Pero sila ay dumating sa Haran at
nanatili roon. 32 Nabuhay pa si Terah ng 205 na taon at
pagkatapos ay namatay sa Haran.

**12** Ngayon sinabi ni Yahweh kay Abram, “Humayo ka
mula sa iyong bansa, at mula sa iyong mga kamag-
anak, at mula sa sambahayan ng iyong ama, sa lupaing
ipakikita ko sa iyo. 2 Gagawin kitang isang dakilang bansa, at
pagpapalain kita, at gagawin kong dakila ang iyong pangalan
at ikaw ay magiging isang pagpapala. 3 Pagpapalain ko
ang magpapala sa iyo, pero sinuman ang maninira sa iyo
ay susumpain ko. Sa pamamagitan mo, ang lahat ng mga
pamilya sa buong mundo ay pagpapalain.” 4 Kaya humayo
si Abram, gaya ng sinabi ni Yahweh na kaniyang gawin, at
sumama si Lot sa kaniya. Pitumpu't-limang taong gulang
si Abram nang umalis siya sa Haran. 5 Isinama ni Abram
si Sarai, na kaniyang asawa, si Lot, na anak na lalaki ng
kaniyang kapatid, lahat ng mga ari-arian na kanilang naipon,
at mga nakuha nilang mga tauhan sa Haran. Umalis sila
patungo sa lupain ng Canaan, at pumunta sa lupain ng
Canaan. 6 Naglakbay si Abram hanggang sa Shekem sa
kakahuyan ng Moreh. Sa panahong iyon ang mga Cananeo
ang naninirahan sa lupain. 7 Nagpakita si Yahweh kay
Abram, at sinabing, “Ibibigay ko ang lupaing ito sa iyong mga
kaapu-apuhan.” Kaya nagtayo roon si Abram ng altar para
kay Yahweh, na nagpakita sa kaniya. 8 Mula roon siya ay
lumipat sa bulubunduking bayan sa silangan ng Bethel, kung
saan niya itinayo ang kaniyang tolda, na ang Bethel ay nasa
kanluran at ang Ai ay nasa silangan. Doon nagtayo siya ng
altar para kay Yahweh at tumawag sa pangalan ni Yahweh. 9
Pagkatapos nagpatuloy si Abram sa paglalakbay patungong
Negeb. 10 Nagkaroon ng taggutom sa lupain, kaya bumaba
si Abram papunta sa Ehipto para manirahan doon, dahil
matindi ang taggutom sa lupain. 11 Nang siya ay papasok
na sa Ehipto, sinabi niya sa kaniyang asawang si Sarai,
“Tingnan mo, alam kong ikaw ay isang magandang babae.
12 Kapag nakita ka ng mga taga-Ehipto sasabihin nilang, 'Ito
ay kaniyang asawa,' at ako ay papatayin nila, pero hahayaan
ka nilang mabuhay. 13 Sabihin mong ikaw ay kapatid kong
babae, para mapabuti ako ng dahil sa iyo, at maliligtas ang
buhay ko dahil sa iyo.” 14 Nang papasok na si Abram sa
Ehipto, nakita ng mga taga-Ehipto na napakaganda ni Sarai.
15 Nakita siya ng mga prinsepe ng Paraon, at pinuri siya kay
Paraon, at dinala ang babae sa sambahayan ng Paraon.
16 Pinakitunguhan nang mabuti ni Paraon si Abram alang-
alang sa kaniya, at binigyan siya ng mga tupa, mga baka,
mga lalaking asno, mga lalaki at babaeng lingkod, mga
babaeng asno, at mga kamelyo. 17 Pagkatapos pinahirapan
ni Yahweh ang Paraon at ang kaniyang sambahayan ng
mga matinding salot dahil kay Sarai, na asawa ni Abram.
18 Pinatawag ng Paraon si Abram, at sinabing, “Ano itong
ginawa mo sa akin? Bakit hindi mo sinabi sa akin na siya ay
iyong asawa? 19 Bakit mo sinabing, 'Siya ay kapatid ko,'
kaya kinuha ko siya na maging asawa ko? Kaya ngayon,
narito ang iyong asawa. Isama mo siya, at umalis na kayo.”
20 Pagkatapos, binigyan ng utos ng Paraon ang kaniyang
mga tauhan patungkol sa kaniya, at siya ay pinaalis nila,
kasama ang kaniyang asawa at ang lahat ng mayroon siya.

**13** Kaya umalis si Abram sa Ehipto at pumunta sa Negeb,
siya, ang kaniyang asawa, at ang lahat ng mayroon
siya. Sumama rin si Lot sa kanila. **2** Ngayon si Abram ay
napakayaman na sa mga hayop, pilak, at ginto. **3** Nagpatuloy
siya sa kaniyang paglalakbay mula sa Negeb patungong
Bethel, sa lugar kung saan naroon ang kaniyang tolda noon,
sa pagitan ng Bethel at Ai. **4** Pumunta siya sa lugar kung
saan niya dating itinayo ang altar. Dito tumawag siya sa
pangalan ni Yahweh. **5** Ngayon si Lot, na kasama ni Abram
sa paglalakbay, ay mayroon ding mga kawan, mga alagang
hayop at mga tolda. **6** Dahil ang kanilang mga ari-arian
ay napakarami, hindi na kayang tugunan ng lupain ang
kanilang pangangailangan na manirahang magkasama, kaya
hindi na sila maaaring magsama. **7** At isa pa, mayroon
ng pagtatalo sa pagitan ng mga pastol ng mga hayop ni
Abram at ng mga pastol ng mga hayop ni Lot. Naninirahan
ang mga Cananeo at Perezeo sa lupain nang panahong
iyon. **8** Kaya sinabi ni Abram kay Lot, “Huwag nating hayaan
na magkaroon ng alitan sa pagitan nating dalawa at sa
pagitan ng iyong mga pastol at ng aking mga pastol; kung
tutuusin, tayo ay magkapamilya. **9** Hindi ba nasa harap mo
ang buong lupain? Humayo ka at ihiwalay mo ang iyong
sarili sa akin. Kung pupunta ka sa kaliwa, pupunta naman
ako sa kanan. O kung pupunta ka sa kanan, pupunta naman
ako sa kaliwa. **10** Kaya tumingin si Lot sa paligid at nakitang
sagana sa tubig ang buong kapatagan ng Jordan hanggang
sa Zoar, katulad ng hardin ni Yahweh, katulad ng lupain
sa Ehipto. Ito ay bago pa nilipol ni Yahweh ang Sodoma
at Gomorrah. **11** Kaya pinili ni Lot ang lahat ng kapatagan
ng Jordan para sa kaniyang sarili at naglakbay sa silangan
at naghiwalay na ang magkakamag-anak. **12** Nanirahan si
Abram sa lupain ng Canaan, at si Lot ay nanirahan naman sa
mga lungsod ng kapatagan. Nagtayo siya ng kaniyang mga
tolda hindi kalayuan sa Sodoma. **13** Ngayon napakasama ng
mga kalalakihan ng Sodoma at namumuhay sila laban kay
Yahweh. **14** Sinabi ni Yahweh kay Abram pagkatapos lumayo
ni Lot sa kaniya, “Tumingin ka mula sa kinatatayuan mo, sa
hilaga, timog, silangan at kanluran. **15** Lahat ng lupaing ito
na nakikita mo, ibibigay ko sa iyo at sa iyong mga kaapu-
apuhan magpakailanman. **16** At gagawin kong kasindami
ng alikabok sa lupa ang iyong mga kaapu-apuhan, kaya
kung mabibilang ng isang tao ang alikabok ng mundo, sa
gayon ay mabibilang din ang mga kaapu-apuhan mo. **17**
Tumindig ka, lakarin mo ang kahabaan at kalawakan ng
lupain, dahil ibibigay ko ito sa iyo. **18** Kaya binuhat ni Abram
ang kaniyang tolda, pumunta siya at nanirahan sa may mga
kakahuyan ng Mamre, na nasa Hebron, at doon nagtayo ng
isang altar para kay Yahweh.

**14** Nangyari na sa mga araw nina Amrafel, hari ng Sinar,
Ariok, hari ng Elasar, Kedorlaomer, hari ng Elam, at
Tidal, hari ng Goyim, **2** na nakipagdigma sila laban kina
Bera, hari ng Sodoma, Birsha, hari ng Gomorra, Shinab,
hari ng Adma, Shemeber, hari ng Zeboim, at sa hari ng
Bela (tinatawag ding Zoar). **3** Ang limang mga hari ay
nagsama-sama sa Lambak ng Sidim (na tinatawag ding
Dagat Asin). **4** Labindalawang taon silang nanilbihan kay
Kedorlaomer, pero naghimagsik sila sa ika-labintatlong taon.
**5** Pagkatapos sa ikalabing apat na taon, dumating at nilusob
nina Kedorlaomer at ng mga haring kasama niya ang mga
Refaita sa Astarot Karnaim, ang mga Zuzita sa Ham, ang
mga Emita sa Save-Kiryatam, **6** at ang mga Horeo sa
kanilang bulubunduking bansa ng Seir, hanggang sa El
Paran, na malapit sa desyerto. **7** Pagkatapos lumiko sila at
dumating sa Enmispat (tinatawag ding Kades), at tinalo ang
lahat ng bansa ng mga Amalekita, pati na ang mga Amoreo
na nanirahan sa Hasason Tamar. **8** Pagkatapos lumabas at
naghanda para sa digmaan ang hari ng Sodoma, ang hari ng
Gomorra, ang hari ng Adma, ang hari ng Zeboim, at ang hari
ng Bela (tinatawag ding Zoar), **9** laban kina Kedolaomer, hari
ng Elam, Tidal, hari ng Goyim, Amrafel, hari ng Sinar, Arioc,
hari ng Elasar; apat na mga hari laban sa lima. **10** Ngayon
puno ng mga hukay na may alkitran ang lambak ng Sidim,
at nang tumakas ang mga hari ng Sodoma at Gomorra,
nahulog sila roon. Tumakas ang mga natira patungo sa mga
kabundukan. **11** Kaya kinuha ng kaaway ang lahat ng mga
kagamitan ng Sodoma at Gomorra at ang lahat ng kanilang
mga panustos, at nagpatuloy sa kanilang landas. **12** Nang
umalis sila, dinala rin nila si Lot, ang anak ng kapatid ni
Abram na naninirahan sa Sodoma, kasama ang lahat ng
kaniyang mga ari-arian. **13** Pumunta at nagsalaysay ang
isang nakatakas kay Abram na Hebreo. Naninirahan siya
sa may mga kakahuyan na pagmamay-ari ni Mamre, na
Amoreo, kapatid nina Escol at Aner, na pawang mga kakampi
ni Abram. **14** Ngayon nang marinig ni Abram na nabihag
ng mga kaaway ang kaniyang kamag-anak, pinangunahan
niya ang kaniyang tatlong daan at labing walong sinanay
na tauhan, na ipinanganak sa kaniyang sambahayan, at
tinugis niya sila hanggang sa Dan. **15** Kinagabihan hinati
niya ang kaniyang mga tauhan laban sa kanila at nilusob
sila, at hinabol sila hanggang sa Hoba na nasa hilaga ng
Damasco. **16** Pagkatapos dinala niya ang lahat ng mga ari-
arian, at dinala rin niya ang kaniyang kamag-anak na si
Lot at ang kaniyang mga kagamitan, pati na rin ang mga
kababaihan at ang iba pang mga tao. **17** Matapos bumalik ni
Abram mula sa pagtalo kina Kedorlaomer at sa mga hari
na kasama niya, ang hari ng Sodoma ay lumabas para
salubungin siya sa lambak ng Save (tinatawag ding Lambak

ng Hari). 18 Naglabas si Melquisedec, hari ng Salem, ng
tinapay at alak. Siya ay pari ng Kataastaasang Diyos. 19
Siya ay kaniyang pinagpala na nagsasabing, “Pagpalain ka
Abram ng Kataastaasang Diyos, Manlilikha ng langit at lupa.
20 Pagpalain ang Kataastaasang Diyos, na siyang nagbigay
ng iyong mga kaaway sa iyong kamay.” Pagkatapos ibinigay
ni Abram sa kaniya ang ikasampu ng lahat ng kaniyang pag-
aari. 21 Sinabi ng hari ng Sodoma kay Abram, “Ibigay mo sa
akin ang mga tao, at kunin mo ang mga kagamitan para
sa iyong sarili.” 22 Sinabi ni Abram sa hari ng Sodoma,
“Itinaas ko ang aking kamay kay Yahweh, sa Kataastaasang
Diyos, Manlilikha ng langit at lupa, 23 na hindi ako kukuha
ng sinulid, sintas ng sandalyas, o anumang sa iyo, para ikaw
ay hindi kailanman makapagsabing, “Ako ang nagpayaman
kay Abram.' 24 Wala akong kukunin maliban sa kung anong
nakain ng mga kabataang lalaki at ang bahagi ng mga
lalaking sumama sa akin. Hayaang mong kunin nina Aner,
Escol, at Mamre ang kanilang bahagi.”

**15** Pagkatapos ng mga bagay na ito dumating kay
Abram ang salita ni Yahweh sa isang pangitain, na
nagsasabing, “Huwag kang matakot, Abram! Ako ang
iyong panangga at iyong pinakadakilang gantimpala.” 2
Sinabi ni Abram, “Panginoong Yahweh, ano ang ibibigay
mo sa akin, yamang nagpapatuloy akong walang anak,
at ang tagapagmana ng aking bahay ay si Eliezer ng
Damascus?” 3 Sinabi ni Abram, “Dahil hindi mo ako binigyan
ng anak, tingnan mo, ang katiwala ng aking bahay ay siyang
aking tagapagmana.” 4 Pagkatapos, narito, dumating ang
salita ni Yahweh, nagsasabing “Ang taong ito ay hindi mo
magiging tagapagmana; sa halip manggagaling sa inyong
sariling katawan ang siyang magiging tagapagmana mo.”
5 Pagkatapos siya ay dinala niya sa labas, at sinabing,
“Tumingala ka sa langit, at bilangin mo ang mga bituin,
kung kaya mo silang bilangin.” Pagkatapos sinabi niya
sa kaniya,” Ganoon din karami ang iyong magiging mga
kaapu-apuhan.” 6 Naniwala siya kay Yahweh, at itinuring
ito sa kaniya bilang pagiging matuwid. 7 Sinabi niya sa
kaniya, “Ako si Yahweh na nagdala sa iyo palabas ng Ur
ng mga Caldeo, para ibigay sa iyo ang lupaing ito para
manahin ito.” 8 Sinabi niya, “Panginoong Yahweh, paano ko
malalaman na mamanahin ko ito?” 9 Pagkatapos sinabi
niya sa kaniya, “Dalhan mo ako ng tatlong taong gulang
na baka, tatlong taong gulang na babaeng kambing at
tatlong taong gulang na lalaking tupa, isang kalapati at isang
batang pitson.” 10 Dinala niya sa kaniya lahat ng ito, at
hinati ang ito sa dalawa, at nilapag sa magkabilang bahagi
ang bawat kalahati, pero hindi niya hinati ang mga ibon. 11
Nang bumaba ang mga ibong mandaragit para kainin ang
mga patay na hayop, itinaboy sila ni Abram papalayo. 12
Pagkatapos nang palubog na ang araw, nakatulog nang
mahimbing si Abram, at masdan, siya ay nilukuban ng isang
malalim at nakakapangilabot na kadiliman. 13 Pagkatapos
sinabi ni Yahweh kay Abram, “Alamin mong tiyak na ang
iyong mga kaapu-apuhan ay magiging dayuhan sa lupaing
hindi kanila, at sila ay gagawing alipin at aapihin sa loob
ng apatnaraang taon. 14 Hahatulan ko ang bansang iyon
na paglilingkuran nila, at pagkatapos sila ay lalabas na
may saganang mga ari-arian. 15 Pero ikaw ay pupunta sa
iyong mga ama nang payapa, at ikaw ay ililibing sa angkop
na katandaan. 16 Sa ikaapat na salinlahi sila ay muling
babalik dito, dahil ang mga kasalanan ng mga Amorito ay
hindi pa nakaabot sa sukdulan nito.” 17 Nang lumubog na
ang araw at dumilim, masdan, isang umuusok na banga at
umaapoy na sulo ang dumaan sa pagitan ng mga piraso. 18
Sa araw na iyon gumawa si Yahweh ng tipan kay Abram,
na nagsasabing, “Ibinibigay ko sa iyong kaapu-apuhan ang
lupaing ito, mula sa ilog ng Ehipto patungo sa dakilang ilog
ng Eufrates, ang Eufrates— 19 ang mga Cenio, ang mga
Cenizeo, ang mga Kadmoneo, 20 ang mga Heteo, ang mga
Perezeo, ang mga Refiata, 21 ang mga Amoreo, ang mga
Cananeo, ang mga Gergeseo at mga Jebuseo.”

**16** Ngayon si Sarai, asawa ni Abram, ay hindi nagkaanak
sa kaniya, pero mayroon siyang babaeng lingkod,
taga-Ehipto, na ang pangalan ay Agar. 2 Kaya sinabi ni
Sarai kay Abram, “Tingnan mo, pinanatili ako ni Yahweh
na walang anak. Sipingan mo ang aking lingkod. Baka
sakaling magkaroon ako ng anak sa pamamagitan niya.”
Nakinig si Abram sa sinabi ni Sarai. 3 Iyon ay matapos
na si Abram ay nanirahan ng sampung taon sa lupain ng
Canaan nang ibinigay ni Sarai, asawa ni Abram, si Agar, na
kaniyang lingkod na taga-Ehipto, sa kaniyang asawa bilang
asawa. 4 Kaya nagkaroon siya ng kaugnayan kay Agar, at
nabuntis siya. At nang makita niyang nabuntis siya, tiningnan
niya ng may pag-aalipusta ang kaniyang among babae.
5 Pagkatapos sinabi ni Sarai kay Abram, “Ang kamaliang
ito sa akin ay dahil sa iyo. Ibinigay ko ang aking babaeng
lingkod sa iyong mga bisig, at nang makita niyang siya ay
nabuntis, hinamak niya ako sa kaniyang paningin. Hayaan
mong si Yahweh ang humatol sa pagitan natin. 6 Pero sinabi
ni Abram kay Sarai, “Tingnan mo, nasa iyong kapangyarihan
ang iyong babaeng lingkod, gawin mo sa kaniya ang iniisip
mong pinakamabuti.” Kaya pinagmalupitan siya ni Sarai, at
siya ay tumakas mula sa kaniya. 7 Ang anghel ni Yahweh ay
nakita siya sa isang bukal ng tubig sa ilang, ang bukal na
matatagpuan sa daan patungong Shur. 8 Sinabi niya, “Agar,
alipin ni Sarai, saan ka nanggaling at saan ka pupunta?”
Sinabi niya, “Tumakas ako mula sa aking among babae
na si Sarai”. 9 Sinabi sa kaniya ng anghel ni Yahweh,

“Bumalik ka sa iyong among babae, at sumailalim ka sa
kaniyang kapangyarihan”. 10 Pagkatapos sinabi ng anghel ni
Yahweh sa kaniya, “Labis kong pararamihin ang iyong mga
kaapu-apuhan para maging napakarami nila para bilangin.
11 Sinabi rin sa kaniya ng anghel ni Yahweh, “Tingnan
mo, ikaw ay buntis, at manganganak ka ng isang anak na
lalaki, at pangangalanan mo siyang Ismael, dahil narinig ni
Yahweh ang iyong paghihirap”. 12 Siya ay magiging isang
lalaking mistulang mabangis na asno. Magiging kalaban
siya ng bawat tao at bawat tao ay magiging kalaban niya at
mamumuhay siyang hiwalay sa kaniyang mga kapatid. 13
Pagkatapos binigay niya ang pangalang ito kay Yahweh
na nangusap sa kaniya, “Ikaw ang Diyos na nakakakita
sa akin,” dahil sinabi niya, “Talaga bang patuloy akong
makakakita, kahit na pagkatapos niya akong nakita?” 14
Dahil dito tinawag na Beerlahairoi ang balon; masdan,
naroon ito sa pagitan ng Kades at Bered. 15 Nanganak si
Agar ng anak na lalaki ni Abram, at pinangalanan ni Abram
ang kaniyang anak, na isinilang ni Agar, na Ismael. 16 Si
Abram ay walumpu't-anim na taong gulang nang isilang ni
Agar si Ismael para kay Abram.

**17** Nang siyamnapu't-siyam na taong gulang na si Abram,
nagpakita si Yahweh sa kanya at sinabing, “Ako ang
Diyos na makapangyarihan. Lumakad ka sa akin at mamuhay
ka nang matuwid. 2 Pagkatapos pagtitibayin ko ang aking
tipan sa pagitan natin, at lubos kitang pararamihin.” 3
Nagpatirapa si Abram na nakasayad ang mukha sa lupa at
nangusap ang Diyos sa kanya, sinabing, 4 “Para sa akin,
masdan mo, ang aking tipan ay sumasaiyo. Ikaw ay magiging
ama ng napakamaraming bansa. 5 Ang pangalan mo ay
magiging Abraham, at hindi na Abram—dahil itinalaga kita na
maging ama ng napakamaraming bansa. 6 Pamumungahin
kita nang lubos, at magmumula sa iyo ang maraming
bansa, at ang mga magiging hari ay magmumula rin sayo.
7 Magtatatag ako ng tipan sa pagitan natin at sa iyong
mga magiging kaapu-apuhan, hanggang sa kanilang buong
salinlahi, para sa isang walang hanggang tipan, na ako
ang magiging Diyos mo at ng mga susunod mong mga
kaapu-apuhan. 8 Ibibigay ko sayo at sa mga susunod
mong kaapu-apuhan, ang lupain kung saan ka naninirahan,
lahat ng lupain sa Canaan, para sa walang hanggang pag-
aari at ako ang magiging Diyos nila.” 9 Pagkatapos sinabi
ng Diyos kay Abraham, “Para sayo, dapat mong ingatan
ang aking tipan, ikaw at ang susunod mong kaapu-apuhan
hanggang sa kanilang buong salinlahi. 10 Ito ang aking tipan
sa pagitan ko at sa pagitan mo at sa susunod mong mga
kaapu-apuhan na dapat mong ingatan: Lahat ng lalaki sa
inyo ay dapat matuli. 11 Dapat kayong matuli sa laman
ng iyong balat, at ito ang magiging palatandaan ng tipan
sa pagitan ko at pagitan mo. 12 Bawat lalaki sa inyo ay
dapat na matuli pagsapit ng ikawalong araw na gulang,
maging sa mga susunod ninyong salinlahi. Kasama rito
ang mga ipinanganak sa iyong sambahayan, pati na ang
nabili ng salapi mula sa mga dayuhan na hindi kasama sa
iyong mga kaapu-apuhan. 13 Siya na ipinanganak sa iyong
sambahayan, at nabili ng iyong salapi ay dapat matuli. Sa
gayon ang aking tipan ay mapapasaiyong laman para sa
walang hanggang tipan. 14 Sinuman sa mga hindi tuli ang
hindi tinuli sa laman ng kaniyang balat ay ihihiwalay mula sa
kanyang sambayahan. Sinira niya ang aking tipan. 15 Sinabi
ng Diyos kay Abraham, “Tungkol naman kay Sarai na iyong
asawa, hindi na Sarai ang itatawag mo sa kanya. Sa halip,
Sarah ang kanyang magiging pangalan. 16 Pagpapalain
ko siya at bibigyan kita ng anak na lalaki sa pamamagitan
niya. Pagpapalain ko siya, at siya ang magiging ina ng mga
bansa. Ang mga hari ng mga tao ay magmumula sa kanya.”
17 Pagkatapos nagpatirapa si Abraham na nakasayad ang
mukha, at tumawa, at sinabi sa kanyang puso, “Maaari bang
magkaanak ang isang taong isandaang taong gulang na? At
magkakaanak pa ba si Sarah, gayong siyamnapung taong
gulang na siya? 18 Sinabi pa ni Abraham sa Diyos, “Nawa
mabuhay si Ismael sa iyong harapan!” 19 Sinabi ng Diyos,
“Hindi, si Sarah na iyong asawa ay magdadalang-tao ng
anak na lalaki, at pangalanan mo siyang Isaac. Magtatatag
ako ng tipan sa kanya, bilang walang hanggang tipan sa
mga susunod niyang mga magiging kaapu-apuhan. 20
Tungkol naman kay Ismael, narinig kita. Pagmasdan mo,
pinagpapala ko siya ngayon at pamumungahin ko siya, at
pararamihin ko siya nang masagana. Siya ay magiging ama
ng labindalawang mga pinuno ng mga lipi, at gagawin ko
siyang isang malaking bansa. 21 Pero itatatag ko ang aking
tipan kay Isaac, na siyang isisilang ni Sarah sa ganitong oras
sa susunod na taon.” 22 Nang siya ay tapos ng makipag-
usap sa kanya, umakyat ang Diyos mula kay Abraham. 23
Pagkatapos, kinuha ni Abraham ang kanyang anak na si
Ismael at lahat ng ipinanganak sa kanyang sambahayan, at
lahat ng mga nabili niya sa kanyang salapi, bawat lalaki
na kabilang sa mga tauhan ng sambahayan ni Abraham,
at tinuli sa laman ng kanilang balat sa parehong araw,
gaya ng sinabi ng Diyos sa kanya. 24 Natuli si Abraham
sa laman ng kanyang balat nang siya ay siyamnapu't-
siyam na taong gulang. 25 At natuli si Ismael sa laman ng
kanyang balat nang siya ay labing tatlong taong gulang. 26
Sa magkaparehong araw, parehong natuli si Abraham at si
Ismael na kanyang anak. 27 Lahat ng lalaki sa kanyang
sambahayan ay natuli rin kasama niya, pati na ang mga
ipinanganak sa sambahayan, at ang mga nabili ng salapi
mula sa dayuhan.

**18** Habang nakaupo siya sa pintuan ng tolda sa kainitan
ng araw, nagpakita si Yahweh kay Abraham sa mga
kakahuyan ni Mamre. 2 Tumingala siya at naroon, nakita
niya ang tatlong lalaki na nakatayo sa harap niya. Nang
makita sila ni Abraham, tumakbo siya mula sa pintuan ng
tolda, para salubungin sila at yumukod siya sa lupa. 3
Sinabi niya, "Panginoon, kung nakasumpong ako ng biyaya
sa iyong paningin, huwag kang umalis at iwan ang iyong
lingkod. 4 Hayaan ninyong maidala ang kaunting tubig,
mahugasan ang inyong mga paa, at makapagpahinga kayo
sa ilalim ng punong kahoy. 5 Hayaan ninyong dalhan ko kayo
ng kaunting pagkain, at nang manumbalik ang inyong lakas.
Pagkatapos maaari na kayong tumuloy sa pupuntahan ninyo
dahil naparito na kayo sa inyong lingkod." Sinabi nila, "Gawin
mo ang sinabi mo." 6 Pagkatapos dali-daling pumunta si
Abraham sa tolda ni Sarah at sinabi, "Bilisan mo, magdala
ka ng tatlong takal ng harina, masahin mo ito, at gawing
tinapay." 7 Pagkatapos tumakbo si Abraham sa kawan,
kumuha siya ng guyang mainam at maayos at ibinigay ito
sa lingkod, at nagmadali siyang ihanda ito. 8 Kumuha siya
ng mantikilya at gatas, at ang guya na naihanda at nilagay
ang pagkain sa harap nila. At tumayo siya sa ilalim ng puno
habang sila ay kumakain. 9 Sinabi nila sa kanya, "Nasaan
ang iyong asawa na si Sarah?" Sumagot siya, "Naroon sa
loob ng tolda." 10 Sinabi niya, "Makatitiyak ka na babalik
ako sa iyo sa tagsibol at makikita mo, magkakaroon ng
anak na lalaki ang iyong asawa na si Sarah." Nakikinig si
Sarah sa pintuan ng tolda na nasa likod ni Abraham. 11
Ngayon matanda na nga sina Abraham at Sarah, talagang
napakatanda na at nalampasan na ni Sarah ang edad kung
saan hindi na maaaring magkaanak pa ang isang babae. 12
Kaya tinawanan ni Sarah ang kaniyang sarili at sinabing,"
"Ngayong matanda na ako, magkakaroon pa ba ako ng
kasiyahan, gayong ang panginoon ko ay matanda na rin?"
13 Sinabi ni Yahweh kay Abraham, "Bakit tumawa si Sarah at
sinabing, 'Magkakaanak pa batalaga ako gayong matanda
na ako?' 14 Mayroon bang mahirap para kay Yahweh?
Pagsapit ng itinakda kong panahon, sa tagsibol, babalik ako
sa iyo. Sa ganitong oras sa susunod na taon, si Sarah ay
magkakaroon ng anak na lalaki. 15 Pagkatapos, itinanggi
ni Sarah ito at sinabing, "Hindi ako tumawa," dahil siya
ay natakot. Sumagot si Yahweh, "Hindi, tumawa ka." 16
Pagkatapos tumayo ang mga lalaki para umalis at tumingin
pababa patungong Sodoma. Sumama si Abraham sa kanila
para ihatid sila sa pagpapatuloy ng kanilang paglalakbay. 17
Pero sinabi ni Yahweh, "Dapat ko bang itago kay Abraham
ang gagawin ko, 18 gayong tiyak na magiging dakila at
makapangyarihang bansa si Abraham, at pagpapalain ang
lahat ng bansa sa daigdig sa pamamagitan niya? 19 Dahil
pinili ko siya para maturuan ang kanyang mga anak pati
na ang sambahayan na susunod sa kanya na mapanatili
ang kaparaanan ni Yahweh, na gumawa ng matuwid at
makatarungan, nang sa gayon maibibigay ni Yahweh kay
Abraham ang sinabi niya sa kanya." 20 Pagkatapos sinabi ni
Yahweh, "Dahil napakarami ng paratang laban sa Sodoma
at Gomora, at napakalubha na ng kanilang kasalanan, 21
bababa ako ngayon doon at titingnan ko kung kasingsama
sila gaya ng paratang sa kanila na sinabi sa akin. Kung
hindi man, malalaman ko." 22 Pagkatapos ang mga lalaki ay
umalis mula roon at pumunta patungo sa Sodoma, pero
nanatiling nakatayo si Abraham sa harapan ni Yahweh. 23
Pagtapos lumapit si Abraham at sinabi, "Lilipulin mo ba ang
matuwid kasama ang makasalanan? 24 Marahil mayroong
limampung matuwid sa loob ng lungsod. Lilipulin niyo ba
ito at hindi ililigtas ang lugar alang-alang sa kapakanan ng
limampung matuwid na naroon? 25 Malayong gawin mo ang
mga bagay na ito, na patayin ang mga matuwid kasama
ang makasalanan, at ituring ang mga matuwid gaya ng mga
makasalanan. Malayong gawin mo ito! Hindi ba gagawin ng
Hukom ng buong mundo kung ano ang makatarungan?"
26 Sinabi ni Yahweh, "Kung may nakita kang limampung
matuwid sa lungsod na iyon, ililigtas ko ang buong lugar
para sa kanila." 27 Sumagot si Abraham at sinabi, "Tingnan
mo ang aking ginawa, nangahas akong makipag-usap sa
aking Panginoon, kahit na alikabok at abo lamang ako! 28
Paano kung nabawasan ng lima ang limampung matuwid?
Wawasakin mo ba ang buong lungsod dahil nabawasan
ng lima? At sinabi niya, "Hindi ko ito wawasakin kung may
mahanap akong apatnapu't lima." 29 Muli siyang nakipag-
usap sa kanya at sinabing, "Paano kung apatnapu ang
makita roon? Sumagot siya, "Alang-alang sa apatnapu, hindi
ko ito gagawin." 30 Sinabi niya, "Pakiusap, huwag kayong
magagalit Panginoon, para makapagsalita ako. Kung sakali
na tatlumpu ang mahanap doon? "Sinabi ng Diyos, "Hindi
ko ito gagawin kung may mahanap akong tatlumpu doon."
31 Sinabi niya, "Tingnan mo, nangahas akong makipag-
usap sa aking Panginoon! Marahil dalawampu ang makita
roon." Tumugon siya, "Hindi ko ito gagawin alang-alang
sa dalawampu." 32 Sinabi niya, "Pakiusap, huwag kayong
magalit, Panginoon, sasabihin ko ito sa huling pagkakataon.
Marahil sampu ang makita roon." At sinabi niya, "Hindi ko ito
wawasakin alang-alang sa sampung natira." 33 Nagtungo
na si Yahweh sa kaniyang paroroonan matapos siyang
makipag-usap kay Abraham, at bumalik na si Abraham sa
kanyang tahanan.

**19** Dumating ang dalawang anghel sa Sodoma sa gabi,
habang nakaupo si Lot sa tarangkahan ng Sodoma.
Nakita sila ni Lot, tumayo siya upang salubungin sila, at

nagpatirapa na nakasayad ang mukha sa lupa. 2 Sinabi niya,
“Nakikiusap ako aking mga panginoon, kayo ay pumunta
muna sa bahay ng inyong lingkod at manatili ng magdamag
at hugasan ang inyong mga paa. Pagkatapos, maaari na
kayong bumangon nang maaga at pumunta sa inyong
pupuntahan.” At sinabi nila, “Hindi, magpapalipas na lang
kami ng gabi sa liwasan ng bayan. 3 Pero pinilit niya sila
kaya sumama sila sa kanya, at pumasok sila sa kanyang
bahay. Naghanda siya ng makakain nila at nagluto ng tinapay
na walang pampaalsa at sila ay kumain. 4 Pero bago sila
humiga, pinaligiran ng mga kalalakihan sa lungsod, mga
kalalakihan sa Sodoma, bata at matanda sa lahat ng sulok
ng bayan, ang bahay niya, lahat ng kalalakihan sa bawat
bahagi ng lungsod. 5 Tinawag nila si Lot at sinabi, “Nasaan
ang mga lalaking pumasok sa inyo ngayong gabi? Dalhin mo
sila sa amin para masipingan namin sila. 6 Kaya lumabas
si Lot sa kanyang bahay at sinara ang pinto sa likuran
niya. 7 Sinabi niya sa kanila, “Nagmamakaawa ako sa inyo,
mga kapatid ko, huwag kayong gumawa ng kasamaan. 8
Tingnan ninyo, narito ang aking dalawang anak na babae na
hindi pa nasisipingan ng sinumang lalaki. Hayaan ninyo,
nakikiusap ako, na dalhin ko sila sa inyo at gawin ninyo sa
kanila ang katanggap-tanggap sa inyong mga mata. Huwag
lang dito sa mga lalaking ito dahil sila ay nasa loob ng
aking pamamahay.” 9 Sabi nila, “Tumabi ka!” Sinabi rin nila,
“Ang taong ito ay dumating dito sa ating lugar bilang isang
dayuhan at ngayon siya ay naging hukom natin! Mas malala
pa ang gagawin namin sa iyo kaysa sa kanila.” Tinulak nila
nang malakas ang lalaki, si Lot, at lumapit para sirain ang
pinto. 10 Pero inabot ng mga lalaki ng kanilang mga kamay
si Lot at dinala sa loob ng bahay kasama nila at sinara ang
pinto. 11 At doon naman sa mga tao na nasa labas ng pinto
ng bahay, inatake sila ng mga panauhin ni Lot at ginawang
bulag, ang mga bata pati matatanda, kaya nahirapan silang
makita ang pinto ng bahay. 12 Pagkatapos, sinabi ng mga
lalaki kay Lot, “Mayroon ka pa bang ibang kasama rito?
Mga manugang, mga anak na lalaki at babae at kung sino
pa mang mga kasamahan mo sa lungsod, ilabas mo na
sila rito. 13 Wawasakin na namin ang lugar na ito, dahil
napakarami na ng paratang sa kanila sa harap ni Yahweh,
kaya pinadala niya kami para wasakin ito.” 14 Lumabas
si Lot at kinausap niya ang kanyang mga manugang, ang
mga lalaki na nangakong pakakasalan ang kanyang mga
anak na babae, at sinabi, “Bilis, umalis na kayo sa lugar
na ito, dahil wawasakin na ni Yahweh ang lungsod.” Pero
para sa kanyang mga manugang, tila ba nagbibiro lang
siya. 15 Nang mag-uumaga na, inudyakan ng mga anghel si
Lot at sinabi, “Umalis ka na, kunin mo ang iyong asawa at
dalawang anak na babae na narito, para hindi kayo maisama
sa kaparusahan ng lungsod.” 16 Pero nag-alinlangan siya.
Kaya hinawakan ng mga lalaki ang kanyang kamay, at
ang kamay ng kanyang asawa, at mga kamay ng kanyang
dalawang anak na babae, dahil mahabagin si Yahweh sa
kanya. Sila ay inilabas nila, at dinala sa labas ng lungsod. 17
Nang nailabas na sila, sinabi ng isa sa mga lalaki, “Tumakbo
na kayo para sa inyong mga buhay! Huwag kayong lilingon
o manatili saanman sa kapatagan. Magsitakas kayo patungo
sa mga bundok para hindi kayo malipol. 18 Sinabi ni Lot
sa kanila.” Hindi, pakiusap aking mga panginoon! 19 Ang
inyong lingkod ay nakatanggap ng pabor sa inyong paningin
at pinakitaan ninyo kami ng dakilang kagandahang-loob sa
pagligtas sa aking buhay, pero hindi ako makakatakas sa
mga bundok dahil aabutan din ako ng sakuna at mamamatay
ako. 20 Tingnan ninyo, ang lungsod banda roon ay malapit
at maliit lamang para makatakas kayo. Pakiusap, hayaan
ninyo akong makatakas doon (diba maliit lamang iyon?),
at ang buhay ko ay maliligtas.” 21 Sinabi niya sa kanya,
“Sige, pagbibigyan ko rin ang kahilingang ito, hindi ko rin
wawasakin ang lungsod na nabanggit mo. 22 Bilisan mo!
Tumakas ka na patungo roon, dahil hindi ko magagawa
ang anumang bagay hangga't hindi ka nakararating doon.”
Kaya tinawag na Zoar ang lungsod na ito. 23 Mataas na
ang araw sa mundo nang narating ni Lot ang Zoar. 24
Pagkatapos, nagpaulan sa Sodoma at Gomora ng asupre
at apoy si Yahweh mula sa kalangitan. 25 Winasak niya
ang mga lungsod na iyon, at lahat ng kapatagan at lahat ng
naninirahan sa mga lungsod, pati na ang mga pananim na
tumutubo sa lupa. 26 Pero lumingon ang asawa ni Lot na
nasa likod niya at siya ay naging isang haligi ng asin. 27
Bumangon si Abraham nang maaga at nagpunta sa lugar
kung saan siya tumayo sa harapan ni Yahweh. 28 Tumingin
siya sa baba sa Sodoma at Gomora at sa lahat ng lupain ng
kapatagan. Nakita niya at namasdan ang usok na umaakyat
mula sa lupa na katulad ng usok sa isang pugon. 29 Kaya
matapos wasakin ng Diyos ang mga lungsod sa kapatagan,
naalala ng Diyos si Abraham. Inilabas niya si Lot mula sa
gitna ng kapahamakan ng winasak niya ang mga lungsod
kung saan nanirahan si Lot. 30 Pero nagpunta si Lot paakyat
mula sa Zoar para manirahan sa kabundukan kasama ang
kanyang dalawang anak na babae dahil natakot siyang
manirahan sa Zoar. Kaya nanirahan siya sa loob ng kuweba
kasama ng kanyang dalawang anak na babae. 31 Sinabi ng
nakakatanda sa nakababata, “Matanda na ang ating ama at
wala ng lalaki sa lugar na ito na sisiping sa atin katulad ng
kinagawian ng mga tao sa buong mundo. 32 Halika ating
painumin ng alak ang ating ama at sisipingan natin siya
para mapalawig natin ang kaapu-apuhan ng ating ama. 33
Kaya, pinainom nila ang kanilang ama ng alak ng gabing

iyon. Pagkatapos, pumasok ang nakatatanda at sumiping
sa kanyang ama; hindi niya alam kung kailan siya humiga,
ni kung kailan siya bumangon. **34** Kinabukasan, sinabi ng
nakakatanda sa nakababata, “Makinig ka, sinipingan ko
kagabi ang aking ama. Painumin ulit natin siya ng alak
ngayong gabi, at ikaw naman ang papasok at sisiping sa
kanya para mapalawig natin ang lahi ng ating ama.” **35** Kaya
ng gabing iyon, muli nilang pinainom ng alak ang kanilang
ama, pumasok at sumiping sa kanya ang nakababata.
Hindi niya alam kung kailan siya humiga ni kung kailan
siya bumangon. **36** Kaya nabuntis ang parehong anak na
babae ni Lot sa pamamagitan ng kanilang ama. **37** Ang
nakakatanda ay nanganak ng isang lalaki at pinangalanan
siyang Moab. Siya ang naging ninuno ng mga Moabita
hanggang sa kasalukuyan. **38** At sa nakababatang anak na
babae, siya rin ay nanganak ng isang lalaki, at pinangalanan
siyang Ben Ammi. Naging ninuno siya ng mga mamamayan
ng Ammon hanggang sa kasalukuyan.

**20** Naglakbay si Abraham mula roon patungo sa lupain
ng Negeb, at nanirahan sa pagitan ng Kadesh at Sur.
Isa siyang dayuhan na naninirahan sa Gerar. **2** Sinabi
ni Abraham patungkol sa kanyang asawa na si Sarah,
“Kapatid ko siya.” Kaya nagpadala si Abimelech hari ng
Gerar, ng kanyang mga tauhan at kinuha nila si Sarah. **3**
Pero kinagabihan, pumunta ang Diyos kay Abimelech sa
kanyang panaginip at sinabi sa kanya, “Masdan mo, ikaw
ay mamamatay dahil sa babae na kinuha mo dahil siya ay
asawa ng lalaki.” **4** Ngayon, hindi nilapitan ni Abimelech
si Sarah at sinabi niya, “Panginoon, papatayin mo rin ba
ang matuwid na bansa? **5** Hindi ba sinabi niya mismo sa
akin, 'Kapatid ko siya?'Kahit si Sarah, sinabi niya rin mismo
sa akin na, 'Kapatid ko siya.' Nagawa ko ito sa katapatan
ng aking puso at kamusmusan ng aking mga kamay.” **6**
Pagkatapos, sinabi ng Diyos sa kanya sa panaginip, “Oo,
alam ko na sa katapatan ng iyong puso na nagawa mo ito at
hindi ko hinayaang magkasala ka sa akin. Kaya hindi ko
hinayaang mahawakan mo siya. **7** Kaya ibalik mo ang asawa
ng lalaki, dahil siya ay isang propeta. Ipananalangin ka niya
at mabubuhay ka. Pero kung hindi mo siya ibabalik, alam mo
na ikaw at ang lahat ng nasa iyo ay tiyak na mamamatay.”
**8** Bumangon si Abimelech nang maaga at pinapunta ang
lahat ng kanyang lingkod sa kanya. Sinabi niya ang lahat
ng mga bagay na ito sa kanila, at matinding takot ang
naramdaman ng kanyang mga lingkod. **9** Pagkatapos,
tinawag ni Abimelech si Abraham at sinabi sa kanya,” Ano
itong ginawa mo sa amin? Paano ako nagkasala sa iyo,
na nagdala ka sa akin at sa aking kaharian ng matinding
kasalanan? Ginawa mo sa akin ang hindi dapat gawin.” **10**
Sinabi ni Abimelech kay Abraham, “Ano ang nagtulak sa iyo
na gawin mo ang bagay na ito?” **11** Sumagot si Abraham,
“Dahil naisip ko, 'Tiyak na walang kinatatakutan na Diyos
ang mga tao sa lugar na ito at papatayin nila ako dahil sa
aking asawa.' **12** Bukod pa rito, tunay na siya ay kapatid
ko, ang anak na babae ng aking ama, pero hindi anak ng
aking ina; at siya ay aking naging asawa. **13** Nang pinaalis
ako ng Diyos sa bahay ng aking ama at naglakbay mula sa
ibat-ibang lugar, sinabi ko kanya, 'Dapat mong ipakita ang
katapatang ito sa akin bilang aking asawa: Sa bawat lugar
na pupuntahan natin, sabihin mo na “'Kapatid ko siya.''” **14**
Pagkatapos, kumuha si Abimelech ng mga tupa at mga
baka, mga aliping lalaki at mga babae at ibinigay ang mga
ito kay Abraham. Pagkatapos, ibinalik niya sa kanya si Sarah
na asawa ni Abraham. **15** Sinabi ni Abimelech, “Tingnan
mo, nasa harapan mo ang lupain ko. Manirahan ka kung
saan mo naisin. **16** Kay Sarah sinabi niya. “Tingnan mo,
binigyan ko ang iyong kapatid ng isang libong piraso ng
pilak. Pantakip ito sa mga kamalian laban sa iyo sa mga
mata ng lahat ng kasama mo, at sa harapan ng lahat, tuluyan
kang ginawang matuwid.” **17** Pagkatapos, nanalangin si
Abraham sa Diyos at pinagaling ng Diyos si Abimelech, ang
kanyang asawa, at kanyang mga babaeng alipin para sila
ay tuluyan ng magkaroon ng anak. **18** Dahil hinayaan ni
Yahweh na ganap na hindi magkaanak ang lahat ng mga
babae sa sambayanan ni Abimelech, dahil kay Sarah, na
asawa ni Abraham.

**21** Binigyang pansin ni Yahweh si Sara gaya ng sinabi
niya at tinupad ni Yahweh ang kanyang pangako kay
Sara. **2** Nabuntis at nagsilang ng isang anak na lalaki si Sara
para kay Abraham sa kanyang katandaan, sa itinakdang
panahong sinabi ng Diyos sa kanya. **3** Pinangalanan ni
Abraham bilang Isaac ang kanyang anak na lalaki, siya
na isinilang sa kaniya, na isinilang ni Sara para sa kanya.
**4** Tinuli ni Abraham ang kanyang anak na si Isaac nang
ito ay walong araw na gulang, ayon sa iniutos ng Diyos
sa kanya. **5** Si Abraham ay isandaang taong gulang nang
isilang si Isaac sa kanya. **6** Sinabi ni Sara, “Pinatawa ako
ng Diyos; tatawa ang bawat isang makakarinig kasama
ko.” **7** Sinabi rin niya, “Sinong makapagsasabi kay Abraham
na si Sara ay magaalaga ng mga anak, at gayunpaman
nagsilang ako sa kanya ng isang anak na lalaki sa kanyang
katandaan!” **8** Lumaki ang bata at hiniwalay na sa kanyang
ina, at naghanda si Abraham ng isang malaking pagdiriwang
sa araw na hiniwalay na si Isaac sa kayang ina. **9** Nakita
ni Sara na nangungutya ang anak ni Agar na taga-Ehipto,
na isinilang niya kay Abraham. **10** Kaya sinabi niya kay
Abraham, “Palayasin mo ang babaeng aliping ito kasama
ang kanyang anak: dahil hindi magiging tagapagmana ang
anak ng babaeng aliping iyan kasama ng anak kong si

Isaac." **11** Ang bagay na ito ay labis na nagpalungkot kay
Abraham dahil sa kanyang anak. **12** Ngunit sinabi ng Diyos
kay Abraham, "Huwag kang malungkot dahil sa batang
lalaki, at dahil sa iyong babaeng lingkod. Pakinggan mo
ang lahat ng sinasabi niya tungkol sa bagay na ito, dahil sa
pamamagitan ni Isaac makikilala ang mga kaapu-apuhan
mo. **13** Gagawin ko ring isang bansa ang anak ng babaeng
lingkod, dahil siya ay iyong anak. **14** Maagang bumangon si
Abraham, kumuha siya ng tinapay at isang lalagyang tubig
at nilagay ito sa balikat ni Agar. Dinala niya ang batang lalaki
sa kanya at pinaalis siya. Umalis siya at nagpagala-gala
sa ilang na lugar ng Beer-seba. **15** Pagkaubos ng tubig sa
lalagyang balat, iniwan niya ang bata sa ilalim ng isang
mababang puno. **16** Pagkatapos umalis siya at naupo sa di
kalayuan mula sa kanya, na parang isang tudla ng pana ang
layo, dahil ang sabi niya, "Huwag ko sanang makita ang
kamatayan ng bata." Habang nakaupo siya roon sa kabila
ng bata, nilakasan niya ang kaniyang boses at humagulgol
siya sa iyak. **17** Narinig ng Diyos ang boses ng bata, at
tumawag ang anghel ng Diyos kay Agar mula sa langit, at
sinabi sa kanya, "Anong gumagambala sa iyo, Agar? Huwag
kang matakot, sapagkat narinig ng Diyos ang boses ng bata
mula sa kanyang kinaroroonan. **18** Tumayo ka, ibangon mo
ang bata at patatagin siya; sapagkat gagawin ko siyang
isang dakilang bansa." **19** Pagkatapos minulat ng Diyos ang
mga mata ni Agar at nakakita siya ng isang balon ng tubig.
Pinuntahan niya ito at pinuno ng tubig ang lalagyang gawa
sa balat at pinainom ang bata. **20** Sinamahan ng Diyos ang
bata, at lumaki siya. Nanirahan siya sa ilang at naging isang
mamamana. **21** Namuhay siya sa ilang ng Paran, at kumuha
ng mapapangasawa niya ang kaniyang ina mula sa lupain
ng Ehipto. **22** Sa panahong iyon kinausap nila Abimelek at
Ficol na kapitan ng kanyang hukbo si Abraham at sinabing,
"Kasama mo ang Diyos sa lahat ng iyong ginagawa. **23** Kaya
ngayon manumpa ka sa Diyos, na hindi mo ako gagawan
ng masama, ni ang aking mga anak, ni ang aking mga
kaapu-apuhan. Ipakita mo sa akin at sa lupain kung saan
ka naninirahan ang parehong katapatan sa kasunduan na
ipinakita ko sa iyo." **24** "Nangangako ako" sagot ni Abraham.
**25** Nagreklamo rin si Abraham kay Abimelek patungkol sa
balon ng tubig na inagaw mula sa kanya ng mga lingkod ni
Abimelek. **26** Sinabi ni Abimelek, "Hindi ko alam kung sino
ang gumawa ng bagay na ito. Hindi mo ito sinabi sa akin
liban ngayon; hindi ko ito narining kundi ngayon." **27** Kaya
kumuha si Abraham ng tupa at mga lalaking baka at binigay
ang mga ito kay Abimelek, at gumawa ang dalawa ng isang
kasunduan. **28** Pagkatapos nagbukod si Abraham ng pitong
mga babaeng tupa ng kawan. **29** Sinabi ni Abimelek kay
Abraham, "Anong kahulugan nitong pitong babaeng tupang
ibinukod mo?" **30** Sumagot siya, "Matatanggap mo mula sa
aking kamay itong pitong babaing tupa, upang maging saksi
para sa akin, na hinukay ko ang balong ito." **31** Kaya tinawag
niya ang lugar na iyong Beer-seba, dahil doon sila kapwa
nagsumpaan ng isang kasunduan. **32** Gumawa sila ng isang
kasunduan sa Beer-seba, at pagkatapos bumalik si Abimelek
at Ficol, ang kapitan ng kanyang hukbo sa lupain ng mga
Filisteo. **33** Nagtanim si Abraham ng puno ng tamarisko
sa Beer-seba. Doon sinamba niya si Yahweh, ang Diyos
na walang hanggan. **34** Namalagi si Abraham bilang isang
dayuhan sa lupain ng mga Filisteo nang maraming araw.

**22** Nangyari na pagkatapos ng mga bagay na ito na
sinubok ng Diyos si Abraham. Sinabi niya sa kanya,
"Abraham!" Sumagot si Abraham, "Narito ako." **2** Pagkatapos
sinabi ng Diyos, "Kunin mo ang iyong anak, ang kaisa-
isa mong anak, na iyong minamahal, si Isaac, at pumunta
ka sa lupain ng Moria. Ialay mo siya roon bilang handog
na susunugin sa ibabaw ng isa sa mga bundok na ituturo
ko sa iyo." **3** Kaya maagang bumangon kinaumagahan
si Abraham, inihanda ang kanyang asno, at isinama ang
dalawa sa kanyang mga kabataang lalaki, kasama si Isaac
na kanyang anak. Nagsibak siya ng kahoy para sa handog
na susunugin, at naglakbay patungo sa lugar na sinabi ng
Diyos sa kanya. **4** Sa ikatlong araw, tumingala si Abraham at
natanaw niya ang lugar sa kalayuan. **5** Sinabi ni Abraham sa
kanyang mga kabataang lalaki, "Manatili kayo rito kasama
ang asno, at pupunta ako roon kasama ang bata. Sasamba
kami at muling babalik sa inyo." **6** Pagkatapos kinuha
ni Abraham ang kahoy para sa handog na susunugin at
ipinapasan ito kay Isaac na kanyang anak. Dinala niya sa
kanyang kamay ang apoy at ang kutsilyo; at kapwa silang
umalis na magkasama. **7** Kinausap ni Isaac si Abraham
na kaniyang ama at sinabing, "Aking ama," at sumagot si
Abraham, "Narito ako, aking anak." Sinabi niya, "Narito, ang
apoy at ang kahoy, ngunit nasaan ang tupa para sa handog
na susunugin?" **8** Sinabi ni Abraham, "Ang Diyos mismo ang
magbibigay ng tupa para sa handog na susunugin, aking
anak." Kaya sila ay nagpatuloy nang magkasama. **9** Nang
dumating sila sa lugar na sinabi ng Diyos sa kanya, gumawa
si Abraham ng isang altar at inilatag niya ang kahoy dito.
Pagkatapos tinalian ni Abraham si Isaac na kanyang anak,
at inilagay niya ito sa altar, sa ibabaw ng kahoy. **10** Iniunat ni
Abraham ang kanyang kamay na hawak ang kutsilyo para
patayin ang kanyang anak. **11** Pero tinawag siya ng anghel
ni Yahweh mula sa langit at sinabing, "Abraham, Abraham!"
at sinabi niya, "Narito ako." **12** Sinabi niya, "Huwag mong
pagbuhatan ng kamay, ni gumawa ng anuman para saktan
siya, sapagkat ngayon alam kong may takot ka sa Diyos,
nakikita kong hindi mo ipinagkait ang iyong anak, ang

iyong kaisa-isang anak na si Isaac sa akin. 13 Tumingala
si Abraham nang biglang, may isang tupa sa likuran niya
ang sumabit ang sungay sa mga halaman. Pinuntahan at
kinuha ni Abraham ang tupa at inalay ito bilang handog
na susunugin sa Diyos sa halip na ang kanyang anak. 14
Kaya tinawag ni Abraham ang lugar na iyon na, “Si Yahweh
ang magbibigay,” at tinatwag din hanggang sa araw na
ito, “Sa bundok ni Yaweh, ito ay ibibigay.” 15 Tinawag ng
anghel ni Yahweh si Abraham sa ikalawang pagkakataon
mula sa langit 16 at sinabing—ito ay isang kapahayagan
mula kay Yahweh, “Nangangako ako sa aking sarili na dahil
ginawa mo ang bagay na ito, at dahil hindi mo ipinagkait
ang iyong anak, ang iyong kaisa-isang anak, 17 tiyak na
pagpapalain kita at labis kong pararamihin ang iyong mga
kaapu-apuhan gaya ng bituin sa kalangitan, at gaya ng
buhangin sa dalampasigan; at aangkinin ng iyong mga
kaapu-apuhan ang tarangkahan ng kanilang mga kaaway.
18 Sa pamamagitan ng iyong anak, ang lahat ng mga bansa
sa mundo ay pagpapalain, dahil sinunod mo ang aking tinig.
19 Kaya bumalik si Abraham sa kanyang mga tauhan, at
umalis sila at magkakasamang pumunta sa Beer-seba, at
nanirahan siya sa Beer-seba. 20 Nangyari na pagkatapos ng
mga bagay na ito, sinabihan si Abraham, “Nagkaroon din ng
mga anak si Milca, sa iyong kapatid na si Nahor. 21 Sila ay
sina Hus ang kanyang panganay, si Buz na kapatid niya, si
Kemuel na ama ni Aram, 22 Kesed, Hazo, Pildas, Jidlaf,
at Bethuel. 23 Si Bethuel ay naging ama ni Rebeca. May
walong anak na isinilang si Milca kay Nahor, na kapatid ni
Abraham. 24 Nagsilang din si Reumah ang pangalan ng isa
pang asawa ni Nahor, sina Tebah, Gaham, Tahas at Maaca.

**23** Nabuhay si Sara ng isandaan at dalawampu't-pitong
taon. Ito ang mga taon ng buhay ni Sara. 2 Namatay
si Sara sa Kiriat Arba, iyon ay, Hebron, sa lupain ng
Canaan. Nagluksa at umiyak si Abraham para kay Sara. 3
Pagkatapos, tumayo si Abraham at umalis mula sa namatay
niyang asawa, at nakipag-usap sa mga anak na lalaki ni Het,
na nagsabing, 4 “Ako ay isang dayuhan sa inyo. Pakiusap
bigyan ninyo ako ng isang ari-arian para gawing libingan
dito, para mailibing ko ang aking patay.” 5 Sumagot ang
mga anak ni Heth kay Abraham, nagsasabing, 6 “Makinig
ka sa amin, aking panginoon. Ikaw ay prinsipe ng Diyos
sa amin. Ilibing mo ang iyong patay sa aming piling mga
libingan. Wala sa amin ang magkakait sa iyo ng libingan,
para ilibing ang iyong patay.” 7 Tumayo si Abraham at
yumuko sa mga mamamayan ng lupain, sa mga anak ni Het.
8 Nagsalita siya sa kanila, na nagsabing, “Kung sumasang-
ayon kayo na dapat kong ilibing ang aking patay, dinggin
ninyo ako at pakiusapan si Efron na anak ni Zohar, para
sa akin. 9 Pakiusapan ninyo siyang ipagbili sa akin ang
kuweba ng Makpela, na kanyang pagmamay-ari, na nasa
dulo ng kanyang bukid. Para sa buong halaga hayaan
niyang ipagbili ito sa akin nang hayagan bilang ari-arian
para gawing libingan.” 10 Ngayon nakaupo si Efron kasama
ang mga anak ni Het, at sumagot si Efron ang Heteo kay
Abraham habang naririnig ng mga anak ni Het at ng lahat ng
mga taong pumunta sa loob ng tarangkahan ng siyudad,
na nagsabing, 11 “Hindi, aking panginoon, pakinggan mo
ako. Ibibigay ko sa iyo ang bukid, at ang kuwebang narito.
Ibibigay ko ito sa iyo, sa harapan ng mga anak ng aking mga
kababayan. Ibibigay ko ito sa iyo para mapaglibingan ng
iyong patay.” 12 Pagkatapos yumuko si Abraham sa harapan
ng mga mamamayan ng lupain. 13 Kinausap niya si Ephron
na naririnig ng mga tao sa lupain, na nagsasabing, “Ngunit
kung papayag ka, pakiusap dinggin mo ako. Babayaran ko
ang bukid. Tanggapin mo ang pera mula sa akin, at doon
ko ililibing ang aking patay.” 14 Sumagot si Ephron kay
Abraham, na nagsasabing, 15 “Pakiusap, aking panginoon,
makinig ka sa akin. Ang pirasong lupain na nagkakahalagang
apatnaraang shekel ng pilak, ano ba ito sa pagitan natin?
Ilibing mo na ang iyong patay.” 16 Nakinig si Abraham kay
Efron at tinimbang ni Abraham sa harap ni Efron ang halaga
ng pilak na kanyang sinasabi na naririnig ng mga anak ni
Het, apatnaraang shekel ng pilak, ayon sa pamantayang
panukat ng mga mangangalakal. 17 Kaya ang bukid ni
Ephron, na nasa Macpela, na katabi ng Mamre, ang bukid,
ang kuweba na nasa loob nito, at ang lahat ng mga punong
naroon sa bukid at lahat ng nasa palibot ng hangganan,
ay ipinasa 18 kay Abraham sa pamamagitan ng pagbili sa
harapan ng mga anak ni Het, at sa harapan ng lahat ng mga
pumunta sa loob ng tarangkahan ng lungsod. 19 Pagkatapos
nito, inilibing ni Abraham ang kanyang asawang si Sara sa
kuweba sa bukid ng Macpela, na katabi ng Mamre, iyon ay,
Hebron, sa lupain ng Canaan. 20 Kaya ang bukid at ang
kuwebang naroon ay naipasa kay Abraham mula sa mga
anak ni Het bilang ari-arian upang gawing libingan.

**24** Ngayon, matanda na si Abraham at pinagpala ni
Yahweh si Abraham sa lahat ng mga bagay. 2 Sinabi
ni Abraham sa kanyang lingkod, ang pinakamatanda sa
kanyang sambahayan, ang kaniyang katiwala sa lahat ng
pag-aari niya, “Ilagay mo ang iyong kamay sa ilalim ng
aking hita 3 at pasusumpain kita kay Yahweh, ang Diyos
ng langit at ang Diyos ng lupa, na hindi ka kukuha ng
asawa para sa aking anak na lalaki mula sa mga anak na
babae ng mga Cananeo, kung saan ako nanahan. 4 Ngunit
pumunta ka sa aking bansa, at sa aking mga kamag-anak,
at kumuha ng isang asawa para sa aking anak na si Isaac.”
5 Sinabi ng lingkod sa kanya, “Paano kung hindi pamayag
na sumama sa akin ang babae papunta sa lupaing ito?

Dapat ko bang dalhin pabalik ang iyong anak sa lupain
kung saan ka nanggaling? 6 Sinabi ni Abraham sa kanya,
“Tiyakin mong hindi mo dadalhin ang aking anak pabalik
doon! 7 Si Yahweh, ang Diyos ng langit, na kumuha sa
akin mula sa tahanan ng aking ama at mula sa lupain
ng aking mga kamag-anak, siya na taimtim na nangako
sa aking, 'Ibibigay ko ang lupaing ito sa iyong supling,'
ipapadala niya ang kanyang anghel para manguna sa iyo,
at kukuha ka ng asawa para sa aking anak mula roon. 8
Ngunit kung hindi papayag ang babae na sumunod sa iyo,
kung gayon magiging malaya ka mula sa kasunduang kong
ito. Huwag mo lang dalhin pabalik doon ang aking anak. 9
Kaya niligay ng lingkod ni Abraham ang kanyang kamay sa
ilalim ng hita ng kanyang among si Abraham at nanumpa sa
kanya patungkol sa bagay na ito. 10 Kinuha ng lingkod ang
sampung kamelyo ng kanyang amo at umalis. Nagdala rin
siya ng lahat ng uri ng mga regalo mula sa kanyang amo.
Umalis siya at pumunta sa rehiyon ng Aram Naharaim, sa
siyudad ni Nahor. 11 Pinaluhod niya ang mga kamelyo sa
gilid ng balon ng tubig sa labas ng siyudad. Gabi na iyon,
ang oras na lumalabas ang mga babae upang sumalok ng
tubig. 12 Pagkatapos sinabi niya, “Yahweh, Diyos ng aking
among si Abraham, bigyan mo ako ngayon ng tagumpay
at ipakita ang iyong tipan ng katapatan sa aking among si
Abraham. 13 Masdan, narito akong nakatayo sa tabi ng
bukal ng tubig, at dumarating ang mga babaing anak ng mga
tao ng siyudad upang sumalok ng tubig. 14 Ganito nawa
ang mangyari. Kapag sabihin ko sa isang dalaga, 'Pakiusap
ibaba mo ang iyong pitsel upang makainom ako,' at sabihin
niya sa akin, 'Uminom ka, at paiinumin ko rin ang iyong
mga kamelyo,' pagkatapos ay hayaang siya na nga ang
babaing iyong itinakda para sa iyong lingkod na si Isaac. Sa
pamamgitan nito malalaman kong nagpakita ka ng tipan ng
katapatan sa aking amo.” 15 Nangyari na bago paman siya
natapos sa pagsasalita, masdan, lumabas si Rebeca na
may dalang pitsel ng tubig sa kanyang balikat. Ipinanganak
si Rebeca kay Bethuel na lalaking anak ni Milca, na asawa
ni Nahor, na lalaking kapatid ni Abraham. 16 Ang dalaga ay
napakaganda at isang birhen. Wala pang lalaki ang sumiping
sa kanya. Pumunta ang babae sa bukal at pinuno ang
kanyang pitsel, at umahon. 17 Tumakbo ang lingkod upang
salubungin siya at sinabing, “Pakiusap bigyan mo ako ng
kaunting inuming tubig mula sa iyong pitsel. 18 Sinabi niya,
“Uminon ka, aking amo,” at agad niyang ibinaba ang pitsel
na nasa kanyang kamay, at pinainom siya. 19 Nang natapos
niya siyang painumin, sinabi niya, sasalok din ako ng tubig
para sa iyong mga kamelyo, hanggang sa makainom na
ang lahat. 20 Kaya nagmadali siya at ibinuhos ang laman
ng kanyang pitsel papunta sa inuman ng mga hayop, at
tumakbong muli patungo sa balon upang sumalok ng tubig,
at sumalok ng tubig para sa lahat ng kanyang mga kamelyo.
21 Tahimik na pinanood siya ng lalaki upang makita kung
pinagpala ni Yahweh ang kanyang paglalakbay o hindi. 22
Nang natapos sa pag-inom ang mga kamelyo, inilabas ng
lalaki ang isang gintong singsing sa ilong na tumitimbang
ng kalahating siklo, at dalawang gintong pulseras para sa
kanyang mga braso na tumitimbang ng sampung siklo 23
at nagtanong, “Kaninong anak ka? Pakiusap sabihin mo
sa akin, mayroon bang silid ang bahay ng ama mo na
maaari naming pagpalipasan ng gabi?” 24 Sinabi niya sa
kanya, “Anak ako ni Bethuel na lalaking anak ni Milcah, na
ipinanganak niya kay Nahor.” 25 Sinabi rin niya sa kanya,
“Marami kami ng kapwa dayami at pagkain ng hayop, at
may silid din para kayo magpalipas ng gabi.” 26 Pagkatapos
yumuko ang lalaki at sumamba kay Yahweh. 27 Sinabi
niya, “Pagpalain si Yahweh, ang Diyos ng aking among
si Abraham, na hindi pinabayaan ang kanyang tipan ng
katapatan at kanyang pagiging mapagkakatiwalaan patungo
sa aking amo. Para sa akin, tuwiran akong pinangunahan ni
Yahweh sa bahay ng mga kamag-anak ng aking amo.” 28
Pagkatapos tumakbo ang dalaga at sinabi sa sambahayan
ng kanyang ina ang tungkol sa lahat ng bagay na ito. 29
Ngayon si Rebeca ay mayroong isang kapatid na lalaki, at
ang pangalan niya ay Laban. Tumakbo si Laban papunta sa
lalaki na naroon sa labas sa daan sa tabi ng bukal. 30 Nang
nakita niya ang singsing sa ilong at ang mga pulseras na
nasa kamay ng kanyang kapatid na babae, at nang narinig
niya ang mga salita ni Rebeca na kanyang kapatid, “Ito ang
sinabi ng lalaki sa akin,” pumunta siya sa lalaki, at masdan,
nakatayo siya sa tabi ng mga kamelyong nasa bukal. 31 At
sinabi ni laban, “Halika, ikaw na pinagpala ni Yahweh. Bakit
ka nakatayo riyan sa labas? Inihanda ko ang bahay, at isang
lugar para sa mga kamelyo.” 32 Kaya pumunta ang lalaki sa
bahay at diniskargahan niya ng mga kamelyo. Binigyan ang
mga kamelyo ng dayami at pagkain ng hayop, naglaan ng
tubig upang hugasan ang kanyang mga paa at ang mga paa
ng mga lalaking kasama niya. 33 Naglapag sila ng pagkain
sa harapan niya upang kainin, ngunit sinabi niya, “Hindi
ako kakain hanggang sa masabi ko ang kailangan kong
sabihin.” Kaya sinabi ni Laban, “Magsalita ka”. 34 Sinabi niya,
“Lingkod ako ni Abraham. 35 Pinagpala ng lubos ni Yahweh
ang aking amo at naging dakila siya. Binigyan siya ng mga
kawan at mga pangkat ng hayop, pilak at ginto, mga lingkod
na lalaki at mga lingkod na babae, at mga kamelyo at mga
asno. 36 Si Sara, ang asawa ng aking amo, ay nagsilang ng
isang anak na lalaki sa aking amo nang siya ay matanda
na, at ibinigay niya ang lahat ng kanyang mga aria-arian
sa kanya. 37 Pinanumpa ako ng aking amo, nagsasabing,

“Hindi ka dapat kumuha ng isang asawa para aking anak
mula sa mga babaeng anak ng mga Cananeo, sa lupaing
ginagawa kong tahanan. 38 Sa halip, dapat kang pumunta
sa pamilya ng aking ama, at sa aking mga kamag-anak, at
kumaha ng isang asawa para sa aking anak.' 39 Sinabi ko
sa aking amo, 'Baka hindi susunod sa akin ang babae.' 40
Ngunit sinabi niya sa akin, 'Si Yahweh, na aking sinusunod,
ay magpapadala ng kanyang anghel na makakasama mo at
siya ay papatnubayan ang landas mo, upang makakakuha
ka ng isang asawa para sa aking anak mula sa aking mga
kamag-anak at mula sa linya na pamilya ng aking ama. 41
Ngunit magiging malaya ka lamang mula sa aking tagubilin
kung darating ka sa aking mga kamag-anak at hindi nila
siya ibibigay sa iyo. Sa gayon magiging malaya ka mula sa
aking kasunduan.' 42 Kaya dumating ako ngayon sa bukal,
at sinabi, 'O Yahweh, Dios ng aking among si Abraham,
pakiusap, kung tunay na nais mong magtagumpay ang aking
paglalakbay— 43 narito ako, nakatayo sa gilid ng bukal
ng tubig—hayaang ang babaing lumabas para sumalok ng
tubig, ang babaing sasabihan kong, “Pakiusap bigyan mo
ako ng kaunting tubig mula sa iyong pitsel upang inumin,” 44
ang babaing magsasabi sa akin, “Uminom ka, at sasalok din
ako ng tubig para sa iyong mga kamelyo”—hayaang siya
na nga ang babaing pinili mo, Yahweh, para sa anak ng
aking amo.' 45 Bago pa man ako natapos mangusap sa
aking puso, masdan, lumabas si Rebeca dala ang pitsel
na pasan sa kanyang balikat at bumaba patungong bukal
at sumalok ng tubig. Kaya sinabi ko sa kanya, 'Pakiusap
bigyan mo ako ng maiinom.' 46 Agad niyang ibinaba ang
kanyang pitsel mula sa kanyang balikat, at nagsabing,
“Uminom ka, at bibigyan ko rin ng tubig ang iyong mga
kamelyo.' Kaya uminom ako, at pinainom niya rin ang mga
kamelyo. 47 Tinanong ko siya at sinabing, 'Kaninong anak
ka?' Sinabi niya, 'Ang babaing anak ni Bethuel, na lalaking
anak ni Nahor, na isinilang ni Milcah sa kanya.' Pagkatapos
inilagay ko ang singsing sa kanyang ilong at ang pulseras
sa kanyang mga braso. 48 Pagkatapos lumuhod ako at
sinamba si Yahweh, at pinagpala si Yahweh, ang Diyos ng
aking among si Abraham, ang siyang nanguna sa akin sa
tamang landas upang matagpuan ang babaing anak ng
kamag-anak ng aking amo para sa kanyang anak. 49 Kaya
ngayon, kung handa kayong pakitunguhan ang aking amo
ng pampamilyang katapatan at pagtitiwala, sabihin ninyo
sa akin. Ngunit kung hindi, sabihin ninyo sa akin, upang
lumiko ako sa kanang kamay, o sa kaliwa.” 50 Pagkatapos
sumagot si Laban at Bethuel at sinabing, “Ang bagay na
ito ay nagmula kay Yahweh; hindi kami makapagsasabi
sa iyo ng masama o mabuti. 51 Masdan, nasa harapan
mo si Rebeca. Dalhin mo siya at humayo, upang siya ay
maging asawa ng anak ng iyong amo, gaya ng sinabi ni
Yahweh.” 52 Nang narinig ng lingkod ni Abraham ang lahat
ng kanilang mga salita, iniyuko niya pababa ang kanyang
sarili sa lupa kay Yahweh. 53 Inilabas ng lingkod ang mga
kagamitang pilak at mga kagamitang ginto, at damit, at
binigay ang mga ito kay Rebeca. Nagbigay din siya ng mga
mamahaling regalo sa kapatid niyang lalaki at sa kanyang
ina. 54 Pagkatapos kumain at uminom siya at ang mga
lalaking kasama niya. Nanatili sila roon magdamag, at nang
bumangon sila sa umaga, sinabi niya, “Ipadala na ninyo ako
sa aking amo.” 55 Sinabi ng kanyang kapatid na lalaki at ng
kanyang ina, “Hayaan mo munang manatili kasama namin
ang dalaga ng mga ilang araw pa, kahit sampu. Pagkatapos
niyan maaari na siyang umalis.” 56 Ngunit sinabi niya sa
kanila, “Huwag ninyo akong hadlangan, yamang pinagpala
ni Yahweh ang aking landas. Ipadala na ninyo ako sa aking
landas upang makapunta sa aking amo.” 57 Sinabi nila,
“Tatawagin namin ang dalaga at tatanungin siya.” 58 Kaya
tinawag nila si Rebeca at tinanong siya, “Sasama ka ba
sa lalaking ito?” Sumagot siya, “Sasama ako.” 59 Kaya
pinadala nila ang kanilang kapatid na si Rebeca, kasama ang
kanyang babaing lingkod, sa kanyang paglalakbay kasama
ang lingkod ni Abraham at kanyang mga kasamahang lalaki.
60 Pinagpala nila si Rebeca, at sinabi sa kanya, “Aming
kapatid, nawa maging ina ka ng mga libu-libo ng sampung
libo, at nawa ang iyong mga kaapu-apuhan ay angkinin
ang tarangkahan ng mga galit sa kanila.” 61 Pagkatapos
tumayo si Rebeca, at siya at ang kanyang mga lingkod
na babae ay sumakay sa mga kamelyo, at sumunod sa
lalaki. Kaya kinuha ng lingkod si Rebeca, at lumakad na sa
kanyang landas. 62 Ngayon naninirahan si Isaac sa Negev,
at kababalik lang galing Beerhalohai. 63 Lumabas si Isaac
upang magnilaynilay sa bukid sa gabi. Nang tumingala siya
at nakita, masdan, mayroong mga kamelyong parating! 64
Tumingin si Rebeca, at nang nakita niya si Isaac, tumalon
siya pababa mula sa kamelyo. 65 Sinabi niya sa lingkod,
sino iyong lalaking naglalakad sa bukid upang salubungin
tayo?” Sinabi ng lingkod, “Iyon ang aking amo.” Kaya kinuha
niya ang kanyang belo, at tinakpan ang sarili. 66 Isinalaysay
ng lingkod kay Isaac ang lahat ng mga bagay na kanyang
ginawa. 67 Pagkatapos dinala ni Isaac si Rebeca sa loob
tolda ng kanyang inang si Sara at kinuha si Rebeca, at siya
ay naging kanyang asawa, at siya ay minahal niya. Kaya
naginhawahan si Isaac matapos ang kamatayan ng kanyang
ina.

**25** Kumuha ng isa pang asawa si Abraham; ang kanyang
pangalan ay Keturah. 2 Isinilang niya sina Zimran,
Jokshan, Medan, Midian, Ishbak, at si Shuah. 3 Si Jokshan
ay naging ama nina Sheba at Dedan. Ang mga kaapu-

apuhan ni Dedan ay ang lahi ng Assyria, ang lahi ng Letush
at ang lahi ng Leum. **4** Ang mga anak na lalaki ni Midian
ay sina Ephah, Epher Hanoch, Abida at si Eldaah. Lahat
ng mga ito ay mga kaapu-apuhan ni Keturah. **5** Ibinigay
ni Abraham ang lahat ng kanyang pag-aari kay Isaac. **6**
Subalit, habang siya ay nabubuhay pa, nagbigay siya ng
mga regalo sa kanyang mga anak na lalaki sa kanyang mga
kerida at pinadala sila sa lupain ng silangan, malayo mula
sa kanyang anak na si Isaac. **7** Ito ang naging mga araw
ng mga taon sa buhay ni Abraham na kanyang ibinuhay,
175 na mga taon. **8** Inihinga ni Abraham ang kanyang huli
at namatay sa isang kalugud-lugud na katandaan, isang
matandang lalaking puno ng buhay. At siya ay natipon sa
kanyang bayan. **9** Sina Isaac at Ismael, na kanyang mga
anak, ay inilibing siya sa kuweba ng Macpela, sa lupain ni
Epron na anak na lalaki ni Zohar na mga anak ni Heth, na
malapit sa Mamre. **10** Ang lupang ito ay binili ni Abraham
mula sa mga anak na lalaki ni Heth. Si Abraham ay inilibing
doon kasama ng kanyang asawang si Sara. **11** Pagkatapos
ng kamatayan ni Abraham, pinagpala ng Diyos si Isaac na
kanyang anak, at si Isaac ay nanirahan malapit sa Beer-
lahai-roi. **12** Ngayon ang mga ito ay ang mga kaapu-apuhan
ni Ismael, na anak na lalaki ni Abraham, kay Hagar na taga
Ehipto, na lingkod ni Sara, nagsilang mula kay Abraham. **13**
Ang mga ito ay ang mga pangalan ng mga anak na lalaki ni
Ismael, ayon sa pagkakasunud-sunud ng kapanganakan:
Nebayot—ang panganay ni Ismael, Kedar, Abdeel, Mibsam,
**14** Misma, Duma, Massa, **15** Hadad, Tema, Jetur, Nafis at
Kedama. **16** Ito ang mga anak na lalaki ni Ismael, at ang
mga ito ay ang kanilang mga pangalan, ayon sa kanilang
mga nayon, at sa kanilang mga kampo; labindalawang
prinsipe ayon sa kanilang mga tribu. **17** Ang mga ito ay ang
mga taon sa buhay ni Ismael, 137 na mga taon: inihinga
niya ang kanyang huli at namatay, at natipon sa kanyang
bayan. **18** Sila ay nanirahan mula sa Havila hanggang
Shur, na malapit sa Ehipto, nagkaisa sila na pumunta sa
Assyria. Nanirahan silang may poot sa bawat isa. **19** Ang
mga ito ay ang mga pangyayari patungkol kay Isaac, na
anak na lalaki ni Abraham: Si Abraham ang naging ama
ni Isaac. **20** Si Isaac ay apatnapung taong gulang nang
mapangasawa niya si Rebeca, na anak na babae ni Bethuel
ang Arameo ng Padan-aram, ang kapatid na babae ni Laban
na Arameo. **21** Nagdasal si Isaac kay Yahweh para sa
kanyang asawa dahil wala itong anak, at sinagot ni Yahweh
ang kanyang dasal, at si Rebeca na kanyang asawa ay
nabuntis. **22** Ang mga bata ay magkasamang nagtunggali
sa loob niya at sinabi niya, “Bakit ito nangyayari sa akin?”
Tinanong niya si Yahweh tungkol dito. **23** Sinabi ni Yahweh
sa kanya, “Dalawang bansa ang nasa iyong sinapupunan, at
dalawang bayan ang mahihiwalay mula sa iyong loob. Isang
bayan ang magiging mas malakas kaysa sa isa, at ang
nakatatanda ay maglilingkod sa nakababata.” **24** Nang oras
na para siya ay manganak, masdan mo, mayroong kambal
sa kanyang sinapupunan. **25** At ang unang lumabas ay
nababalutan ng pula gaya ng mabalahibong damit. Tinawag
nila siya sa kanyang pangalan na Esau. **26** Pagkatapos
noon, ang kanyang kapatid ay lumabas. Ang kanyang kamay
ay nakakapit sa sakong ni Esau. Siya ay tinawag na Jacob.
Si Isaac ay animnapung taong gulang nang ang kanyang
asawa ay nagsilang sa kanila. **27** Ang mga bata ay lumaki
na, at si Esau ay naging mahusay na mangangaso, isang
taong sanay sa gubat; subalit si Jacob ay isang tahimik
na tao, na ginugugul ang kanyang oras sa mga tolda. **28**
Ngayon minahal ni Isaac si Esau dahil nakakain nya ang
mga hayop na kanyang nahuli, subalit si Rebeca ay minahal
si Jacob. **29** Si Jacob ay nagluto ng nilaga. Dumating si Esau
mula sa gubat, at siya ay nanghihina sa gutom. **30** Sinabi
ni Esau kay Jacob, “Pakainin mo ako niyang mapulang
nilaga. Pakiusap, ako ay pagod!” Kaya iyon ang dahilan
na ang kanyang pangalan ay tinawag na Edom. **31** Sinabi
ni Jacob, “Ipagbili mo muna sa akin ang iyong karapatan
bilang panganay.” **32** Sabi ni Esau “Tingnan mo, ako ay
halos mamamatay na. Ano ang kabutihan ng karapatan ng
unang isinilang sa akin?” **33** Sinabi ni Jacob, “Manumpa
ka muna sa akin.” Kaya sumumpa si Esau at sa ganung
paraan ipinagbili niya kay Jacob ang kanyang karapatan
ng unang pagkasilang. **34** Binigyan ni Jacob si Esau ng
tinapay at nilagang mga lentil. Siya ay kumain at uminom,
pagkatapos ay tumayo at nagpatuloy sa kanyang lakad. Sa
ganitong paraan kinamuhian ni Esau ang kanyang karapatan
ng unang isinilang.

**26** Ngayon, may taggutom sa lupain, bukod pa sa naunang
taggutom na nagkaroon sa panahon ni Abraham.
Pumunta si Isaac kay Abimelec, ang hari ng Filisteo sa
Gerar. **2** Ngayon nagpakita si Yahweh sa kanya at sinabi,
“Huwag kang pumunta sa Ehipto; tumira ka sa lugar na
sinabi ko na iyong pagtirhan. **3** Manatili ka sa lugar na ito, at
ako ay sumasainyo at pagpapalain ko kayo; para sa iyo
at sa iyong mga kaapu-apuhan, ibibigay ko ang lahat ng
mga lupaing ito, at tutuparin ko ang panunumpa na aking
sinumpaan kay Abraham na iyong ama. **4** Pararamihin ko
ang iyong mga kaapu-apuhan gaya ng mga bituin sa langit,
at ibibigay sa iyong mga kaapu-apuhan ang lahat na mga
lupaing ito. Sa pamamagitan ng iyong mga kaapu-apuhan
ang lahat ng bansa sa lupa ay pagpapalain. **5** Gagawin ko ito
dahil sinunod ni Abraham ang aking utos at sinunod niya ang
aking mga tagubilin, mga utos ko at mga batas ko.” **6** Kaya
namalagi si Isaac sa Gerar. **7** Nang tanungin siya ng mga

kalalakihan sa lugar tungkol sa kanyang asawa, sinabi nya,
“Siya ay aking kapatid na babae.” Natakot siyang sabihin,
“Siya ay aking asawa,” dahil naisip niya, “Ang mga lalaki
sa lugar na ito ay papatayin ako para makuha si Rebeca
dahil napakaganda niya.” 8 Pagkatapos, nagtagal si Isaac
doon, Si Abimelec ang hari ng mga Filisteo ay nagkataong
tumingin sa labas sa bintana. Nakita niya, masdan, si Isaac
na nilalambing si Rebeca, na kanyang asawa. 9 Ipinatawag
ni Abimelec si Isaac sa kanya at sinabi, “Tingnan mo, tiyak
nga na siya ay iyong asawa. Bakit mo sinabi, 'Siya ay aking
kapatid na babae'?” Sinabi ni Isaac sa kanya, “Dahil naisip
ko na maaring mayroong pumatay sa akin para makuha
siya.” 10 Sinabi ni Abimelec, “Ano itong ginawa mo sa amin?
Maaring may taong madaling sumiping sa iyong asawa, at
madala mo sa amin ang pagkakasala.” 11 Kaya binalaan
ni Abimelec ang lahat ng mga tao at sinabi, “Kung sino
man ang gumalaw sa taong ito o sa kanyang asawa ay
tiyak na malalagay sa kamatayan.” 12 Nagtanim si Isaac sa
lupaing iyon at umani sa parehong taon ng isang sandaang
beses, dahil pinagpala siya ni Yahweh. 13 Naging mayaman
siya, at lumago ng higit-higit pa hanggang siya ay naging
napakadakila. 14 Mayroon siyang maraming tupa at mga
baka, at isang malaking sambahayan. Ang mga Filisteo ay
kinaiinggitan siya. 15 Ngayon ang lahat ng mga balon na
hinukay ng mga lingkod ng kanyang ama sa panahon ni
Abraham, na hininto ng mga Palestina sa pamamagitan
ng pag-tambak ng lupa. 16 Sinabi ni Abimelec kay Isaac,
“Umalis ka palayo sa amin, dahil mas makapangyarihan
ka kaysa sa amin.” 17 Kaya umalis si Isaac mula doon at
namalagi sa lambak ng Gerar, at nanirahan doon. 18 Muling
hinukay ni Isaac ang mga balon ng tubig, na hinukay nila
noong panahon ni Abraham na kanyang ama. Pinahinto sila
ng mga Filisteo pagkatapos mamatay ni Abraham. Tinawag
ni Isaac ang mga balon sa parehong mga pangalan na
binigay ng kanyang ama dito. 19 Nang naghukay ang mga
lingkod ni Isaac sa lambak, nakita nila doon ang isang
balong dumadaloy ang tubig. 20 Ang mga pastol na lalaki ng
Gerar ay nakipag-away sa mga pastol na lalaki ni Isaac, at
sinabi “Ang tubig na ito ay sa amin.” Kaya tinawag ni Isaac
ang balon na iyon na “Esek,” dahil nakipag-away sila sa
kanya. 21 Pagkatapos naghukay sila ng isa pang balon, at
nag-away rin sila nito, kaya binigyan niya ito ng pangalang
“Sitnah.” 22 Umalis siya doon at naghukay muli ng isa pang
balon, subalit hindi na nila pinag-awayan ang isang iyon.
Kaya tinawag niya itong Rehobot, at sinabi niya, “Ngayon
ay gumawa si Yahweh ng kaluwagan sa amin, at tayo ay
sasagana sa lupa.” 23 Pagkatapos pumunta si Isaac mula
doon patungong Beer-seba. 24 Nagpakita si Yahweh sa
kanya sa gabi ring iyon at sinabing, “Ako ang Diyos ng
iyong amang si Abraham. Huwag kang matakot, sapagkat
ako ay kasama mo at pagpapalain kita at pararamihin ang
iyong mga kaapu-apuhan, alang-alang sa aking lingkod na si
Abraham.” 25 Nagtayo si Isaac ng altar doon at tumawag sa
pangalan ni Yahweh. Nagtindig siya ng tolda doon, at ang
kanyang mga lingkod ay naghukay ng balon. 26 Pagkatapos
si Abimelec ay pumunta sa kanya mula sa Gerar, kasama
si Ahuzat, kanyang kaibigan, at si Picol, ang kapitan ng
kanyang hukbo. 27 Sinabi ni Isaac sa kanila, “Bakit kayo
naparito sa akin, samantalang galit kayo sa akin at pinaalis
ninyo ako palayo sa inyo?” 28 At sinabi nila, “Malinaw naming
nakita na si Yahweh ay iyong kasama. Kaya napagpasyahan
namin na dapat ay mayroong sumpaan sa pagitan natin, oo,
sa pagitan mo at sa amin. Kaya gagawa kami ng tipan sa
iyo, 29 na hindi mo kami sasaktan, gaya ng hindi namin
pananakit sa iyo, at sa pakikitungo namin ng mabuti sa iyo at
sa pagpapaalis namin sa iyo ng mapayapa. Tunay nga, ikaw
ay pinagpala ni Yahweh.” 30 Kaya gumawa si Isaac ng pista
para sa kanila, at sila ay kumain at uminom. 31 Bumangon
sila ng maaga kinabukasan at sila ay nagsumpaan sa bawat
isa. Pagkatapos pinaalis sila ni Isaac, at siya ay iniwan
nila ng mapayapa. 32 Nang araw ding iyon dumating ang
mga lingkod ni Isaac at sinabi sa kanya tungkol sa balong
kanilang hinukay. Sinabi nila, “Nakakita kami ng tubig”, 33
Tinawag niya ang balon na Seba, kaya ang pangalan ng
lungsod na iyon ay Beer-seba hanggang sa araw na ito. 34
Nang si Esau ay apatnapung taong gulang na, siya ay nag-
asawa, si Judit ang anak ni Beeri na mga anak ni Heth, at
saka si Basemat ang anak na babae ni Elon na mga anak
ni Heth. 35 Sila ay nagdala ng kalungkutan kay Isaac at
Rebeca.

**27** Nang matanda na si Isaac at ang kanyang mga mata
ay malabo na kaya hindi na siya makakita, tinawag
niya ang nakatatandang anak niyang si Esau. Sinabi niya,
“Anak ko.” 2 Sumagot ito, “Narito po ako.” Sinabi niya rito,
“Tumingin ka rito, matanda na ako. Hindi ko alam ang araw
ng aking kamatayan. 3 Kaya kunin mo ang iyong mga
sandata, ang iyong sisidlan ng palaso at pana at mangaso
ka sa bukid para sa akin. 4 Gawan mo ako ng masarap
na pagkain na gusto ko at dalhin mo iyon sa akin para
makain ko iyon at pagpalain ka bago ako mamatay.” 5
Ngayon narinig ni Rebeca nang kausapin ni Isaac si Esau
na kanyang anak. Nagpunta si Esau sa bukid para mangaso
ng hayop at dalhin ito pauwi. 6 Kinausap ni Rebeca si
Jacob na kanyang anak at sinabi, “Tumingin ka rito, narinig
kong kinausap ng iyong ama ang kapatid mong si Esau.
Sinabi niya 7 'Dalhan mo ako ng pinangasong hayop at
gawan ako ng masarap na pagkain, upang kainin ko ito
at pagpapalain ka sa harap ni Yahweh bago ang aking

kamatayan.' 8 Kaya ngayon, anak ko, sundin mo ang tinig
ko habang inuutusan kita. 9 Pumunta ka sa kawan at dalhan
mo ako ng dalawang batang kambing; at magluluto ako ng
masarap na pagkain para sa ama mo, na katulad ng gusto
niya. 10 Dadalhin mo ito sa kanya para kainin upang ikaw ay
pagpalain niya bago ang kanyang kamatayan." 11 Sinabi ni
Jacob sa kanyang inang si Rebeca, "Tingnan ninyo, ang
kapatid kong si Esau ay mabalahibo, at ako ay makinis
na tao. 12 Malamang himasin ako ng ama ko, at ako ay
magmimistulang manlilinlang sa kanya. Magdadala ako ng
isang sumpa sa aking sarili at hindi pagpapala." 13 Sinabi sa
kanya ng kanyang ina, "Anak ko, hayaan mong mapunta sa
akin ang anumang sumpa. Basta sundin mo ang tinig ko, at
umalis ka, at dalhin mo ang mga iyon sa akin." 14 Kaya
kinuha ni Jacob ang dalawang batang kambing at dinala ang
mga ito sa kanyang ina, at ang kanyang ina ay gumawa ng
masarap na pagkain katulad ng gusto ng kanyang ama. 15
Kinuha ni Rebeca ang pinakamagandang damit ni Esau,
na nakatatandang anak niya, na nasa kanya sa bahay, at
ipinasuot ito kay Jacob, na nakababatang anak niya. 16
Inilagay niya ang balat ng batang kambing sa mga kamay
niya at sa makinis na bahagi ng leeg niya. 17 Inilagay niya
ang inihanda niyang masarap na pagkain at ang tinapay sa
kamay ng anak niyang si Jacob. 18 Pumunta si Jacob sa
kanyang ama at nagsabi, "Ama ko." Sinabi niya, "Narito ako;
sino ka, anak ko?" 19 Sinabi ni Jacob sa kanyang ama, "Ako
si Esau na unang anak mo; nagawa ko na ang sinabi mo
sa akin. Umupo ka at kainin ang aking napangaso upang
pagpalain mo ako." 20 Sinabi ni Isaac sa kanyang anak,
"Paano mo itong natagpuan nang napakabilis, anak ko?"
Sinabi niya, "Dahil si Yahweh na iyong Diyos ay dinala ito
sa akin." 21 Sinabi ni Isaac kay Jacob, "Lumapit ka upang
mahimas kita at malaman kung ikaw ang tunay kong anak
na si Esau o hindi." 22 Pumunta si Jacob sa kanyang amang
si Isaac, at hinimas siya ni Isaac at sinabi niya, "Ang tinig
ay tinig ni Jacob, ngunit ang mga kamay ay mga kamay ni
Esau. 23 Hindi siya nakilala ni Isaac dahil ang kanyang mga
kamay ay mabalahibo, katulad ng mga kamay ng kapatid
niyang si Esau, kaya pinagpala siya ni Isaac. 24 Sinabi niya,
"Ikaw ba talaga ang anak kong si Esau?" Sumagot siya, "Ako
nga." 25 Sinabi ni Isaac, "Dalhin mo sa akin ang pagkain
at kakainin ko ang napangaso mo upang mapagpala kita."
Dinala ni Jacob sa kanya ang pagkain. Kumain si Isaac, at
dinalhan siya ni Jacob ng alak, at siya ay uminom. 26 Sinabi
ng kanyang amang si Isaac, "Lumapit ka sa akin at hagkan
mo ako, anak ko." 27 Lumapit si Jacob at hinalikan siya, at
naamoy niya ang amoy ng kanyang damit at pinagpala siya.
Sinabi nya, "Tingnan mo, ang amoy ng aking anak ay katulad
ng amoy ng isang bukid na pinagpala ni Yahweh. 28 Nawa
bigyan ka ng Diyos ng isang bahagi ng hamog ng langit,
isang bahagi ng katabaan ng lupa, at masaganang mga butil
at bagong alak. 29 Nawa ang mga tao ay maglingkod sa
iyo at yumuko sa iyo ang mga bansa. Maging amo ka ng
iyong mga kapatid na lalaki, at nawa ang mga anak ng iyong
ina ay yumuko sa iyo. Nawa ang bawat isang sumumpa sa
iyo ay sumpain; at nawa ang bawat isang magpala sa iyo
ay pagpalain." 30 Matapos pagpalain ni Isaac si Jacob, at
bahagya pa siyang lumayo sa presensya ng ama niyang si
Isaac, noon naman dumating ang kapatid niyang si Esau
mula sa pangangaso. 31 Gumawa rin siya ng masarap
na pagkain at dinala iyon sa kanyang ama. Sinabi niya,
"Ama, bumangon ka at kainin mo ang ilan sa napangaso ng
iyong anak upang mapagpala mo ako." 32 Ang kanyang
amang si Isaac ay nagsabi sa kanya, "Sino ka?" Sinabi niya,
"Ako ang anak mo, ang unang anak mong si Esau." 33
Nanginig nang matindi si Isaac at nagsabi, "Sino pala iyon na
nangaso ng hayop na ito at dinala sa akin? Kinain ko lahat
ito bago ka dumating, at pinagpala ko siya. Tunay nga, siya
ay pagpapalain." 34 Nang marinig ni Esau ang mga salita ng
kanyang ama, siya ay umiyak nang napakalakas at umiyak
ng may kapaitan, sinabi sa kanyang ama, "Ako rin, pagpalain
mo ako, ama ko." 35 Sinabi ni Isaac, "Mapanlilinlang na
naparito ang kapatid mo at inagaw ang iyong pagpapala." 36
Sinabi ni Esau, "Hindi ba tama lang na pinangalanan siyang
Jacob? Dahil dinaya niya ako sa dalawang pagkakataong
ito. Inagaw niya ang aking karapatan ng isinilang at tingnan
mo, ngayon ay inagaw niya ang aking pagpapala." At sinabi
niya, "Wala ka bang naitabing pagpapala para sa akin?" 37
Sumagot si Isaac at sinabi kay Esau, "Tingnan mo, nagawa
ko na siyang amo mo at naibigay ko na sa kanya ang lahat
ng mga kapatid niya bilang alipin. At nabigyan ko siya ng
butil at bagong alak. Ano pa ang magagawa ko para sa iyo,
anak ko?" 38 Sinabi ni Esau sa kanyang ama, "Wala ka
bang kahit isang pagpapala sa akin, ama ko? Pagpalain mo
ako, ako rin, ama ko." Umiyak nang malakas si Esau. 39
Sumagot ang kanyang amang si Isaac at sinabi sa kanya,
"Tingnan mo, ang lugar na pinaninirahan mo ay magiging
malayo sa kayamanan ng mundo, malayo sa hamog ng
langit sa itaas. 40 Mabubuhay ka sa pamamagitan ng iyong
espada, at paglilingkuran mo ang iyong kapatid na lalaki.
Subalit kapag magrebelde ka, maaalog mo ang kanyang
pamatok mula sa iyong leeg." 41 Nagalit si Esau kay Jacob
dahil sa pagpapalang binigay ng kanilang ama sa kanya.
Sinabi niya sa kanyang puso, "Malapit na ang mga araw ng
pagluluksa para sa aking ama; pagkatapos niyon papatayin
ko ang kapatid kong si Jacob." 42 Ang mga salita ni Esau
na nakatatanda niyang anak ay nasabi kay Rebeca. Kaya
nagpadala at tinawag niya si Jacob na nakababatang anak

niya at sinabi rito, “Tingnan mo, ang kapatid mong si Esau
ay inaaliw ang kanyang sarili sa pagbabalak na patayin ka.
43 Kaya ngayon, anak ko, sundin mo ako at tumakas ka
papunta kay Laban, na kapatid kong lalaki, sa Haran. 44
Manatili ka nang ilang araw sa piling niya, hanggang sa
humupa ang galit ng kapatid mo, 45 hanggang mawala ang
galit ng kapatid mo sa iyo, at malimutan niya ang ginawa
mo sa kanya. Pagkatapos magpapadala ako at ibabalik ka
mula roon. Bakit kailangang kapwa kayong mawala sa akin
sa isang araw?” 46 Sinabi ni Rebeca kay Isaac, “Ako ay
pinanghihinaan sa buhay dahil sa mga anak na babae ni
Heth. Kung kunin ni Esau na asawa ang isa sa mga anak ni
Heth, tulad ng mga kababaihang ito, ilan sa mga anak na
babae ng lupain, ano pa ang kabuluhan ng buhay ko?”

28 Tinawag ni Isaac si Jacob, pinagpala siya at inutusan,
“Hindi ka dapat kumuha ng asawa mula sa kababaihang
taga-Cananeo. 2 Tumayo ka, pumunta ka sa Paddan-aram,
sa bahay ni Bethuel na ama ng iyong ina, at kumuha ka ng
asawa mula roon, sa isa sa mga anak ni Laban, na kapatid
ng iyong ina. 3 Pagpalain ka nawa ng Makapangyarihang
Diyos, pamungahin ka at paramihin, para dumami ang iyong
lahi. 4 Ibigay niya nawa sa iyo ang pagpapala ni Abraham, sa
iyo, at sa mga susunod mong kaapu-apuhan, para manahin
mo ang lupain kung saan ka naninirahan, na ibinigay ng
Diyos kay Abraham.” 5 Kaya pinaalis ni Isaac si Jacob.
Pumunta si Jacob sa Paddan-aram, kay Laban na anak ni
Bethuel na Aramean, kapatid ni Rebeca na ina nina Esau
at Jacob. 6 Ngayon nakita ni Esau na pinagpala ni Isaac
si Jacob at pinapunta siya sa Paddan-aram para kumuha
ng asawa roon. Nakita rin niya na pinagpala siya ni Isaac
at binigyan siya ng utos, na nagsasabing, “Hindi ka dapat
kumuha ng asawa mula sa kababaihan ng Canaan.” 7 Nakita
rin ni Esau na sinunod ni Jacob ang kanyang ama at ina,
at nagpunta sa Paddan-aram. 8 Nakita ni Esau na hindi
nalugod ang kaniyang amang si Isaac sa mga kababaihan
ng Canaan. 9 Kaya nagpunta siya kay Ismael, at kinuha,
bukod pa sa mga asawang mayroon siya, si Mahalath na
anak ni Ismael, anak ni Abraham, kapatid na babae ni
Nabaioth, para maging asawa niya. 10 Nilisan ni Jacob
ang Beer-seba at nagpunta sa Haran. 11 Dumating siya
sa isang lugar at nanatili roon buong gabi, dahil lumubog
na ang araw. Kumuha siya ng isang bato sa lugar na iyon,
inilagay iyon sa ilalim ng kanyang ulo at nahiga sa lugar
na iyon para matulog. 12 Siya ay nanaginip at nakakita ng
hagdanang itinayo sa mundo. Ang tuktok nito ay umaabot sa
langit at ang mga anghel ng Diyos ay akyat-panaog doon. 13
Masdan, si Yahweh ay nakatayo sa ibabaw niyon at nagsabi,
“Ako si Yahweh, ang Diyos ni Abraham na iyong ama, at ang
Diyos ni Isaac. Ang lupang hinihigaan mo, ibibigay ko sa iyo
at sa iyong mga kaapu-apuhan. 14 Ang iyong mga kaapu-
apuhan ay magiging tulad ng alikabok sa mundo, at ikaw ay
kakalat sa kanluran, sa silangan, sa hilaga, at sa timog. Sa
iyo at iyong mga kaapu-apuhan, ang lahat ng mga pamilya
sa mundo ay pagpapalain. 15 Masdan mo, kasama mo ako,
iingatan kita saan ka man magpunta. Dadalhin kitang muli
sa lupaing ito; dahil hindi kita iiwan. Tutuparin ko ang lahat
ng naipangako ko sa iyo.” 16 Si Jacob ay nagising mula sa
kanyang pagtulog at sinabi nya, “Tunay nga na si Yahweh ay
nasa lugar na ito, at hindi ko iyon alam.” 17 Natakot siya at
nagsabi, “Nakakikilabot naman ang lugar na ito! Ito ay walang
iba kundi ang tahanan ng Diyos. Ito ang tarangkahan ng
langit.” 18 Bumangon si Jacob kinaumagahan at kinuha ang
batong inilagay niya sa ilalim ng kaniyang ulo. Itinayo niya ito
bilang isang haligi at nagbuhos ng langis sa ibabaw nito. 19
Tinawag niya ang pangalan ng lugar na iyon na Bethel, pero
ang dating pangalan ng lungsod na iyon ay Luz. 20 Si Jacob
ay sumumpa ng isang panata na nagsasabing, “Kung ang
Diyos ay kasama ko at pangangalagaan ako sa daang ito na
aking nilalakaran, at bibigyan ako ng tinapay para kainin, at
mga damit para suutin, 21 nang sa gayon matiwasay akong
makabalik sa bahay ng aking ama, pagkatapos si Yahweh
ay magiging Diyos ko. 22 Pagkatapos ang batong ito na
itinayo ko bilang isang haligi ay magiging banal na bato.
Mula sa lahat ng ibinigay mo sa akin, tiyak na ibabalik ko sa
iyo ang ikasampung bahagi.”

29 Pagkatapos nagpatuloy si Jacob sa kanyang
paglalakbay at nakarating sa lupain ng mga
mamamayan sa silangan. 2 Nang siya ay nagmasid, mayroon
siyang nakitang balon sa bukid, at nakita niya, na may
tatlong mga kawan ng tupa na namamahinga sa paligid
nito. Dahil mula sa balong iyon pinapainom nila ang mga
kawan, at ang bato sa bunganga ng balon ay malaki. 3
Kapag sama-samang napagtipon ang lahat ng mga kawan
doon, igugulong ng mga pastol ang bato mula sa bunganga
ng balon at paiinumin ang mga tupa, at pagkatapos ibabalik
muli ang bato sa bunganga ng balon, pabalik sa kinalalagyan
nito. 4 Sinabi ni Jacob sa kanila, “Mga kapatid ko, saan kayo
nanggaling?” At sinabi nila, “Kami ay nanggaling sa Haran”.
5 Sinabi niya sa kanila, “Kilala ba ninyo si Laban na anak ni
Nahor?” At sinabi nila, “Kilala namin siya”. 6 Sinabi niya sa
kanila “Mabuti ba ang kalagayan niya?” Sinabi nila, “Mabuti
naman siya, at, tumingin ka roon, si Raquel na kanyang
anak ay paparating kasama ang mga tupa.” 7 Sinabi ni
Jacob, “Tingnan mo, ito katanghaliang-tapat. Hindi pa oras
para sa mga kawan na sama-samang tipunin. Painumin
ninyo ang mga tupa at pagkatapos umalis kayo at hayaan
silang manginain ng damo.” 8 Sinabi nila, “Hindi namin sila
mapapainum hangga't hindi pa sama-samang natitipon ang

mga kawan. Saka pa lamang igugulong ng mga kalalakihan
ang bato mula sa bunganga ng balon, at paiinumin namin
ang mga tupa." 9 Habang si Jacob ay nakikipag-usap pa rin
sa kanila, dumating si Raquel kasama ang mga tupa ng
kanyang ama, dahil inaalagaan niya ang mga ito. 10 Nang
makita ni Jacob si Raquel, anak na babae ni Laban, kapatid
na lalaki ng kanyang ina, lumapit si Jacob, pinagulung ang
bato mula sa bunganga ng balon, at pinainom ang kawan ni
Laban, na kapatid ng kanyang ina. 11 Hinalikan ni Jacob si
Raquel at umiyak ng malakas. 12 Sinabi ni Jacob kay Raquel
na siya ay kamag-anak ng kanyang ama, at siya ay anak ni
Rebeca. Pagkatapos tumakbo si Raquel at sinabi niya sa
kanyang ama. 13 Nang marinig ni Laban ang balita tungkol
kay Jacob na anak ng kanyang kapatid na babae, siya ay
tumakbo para salubungin siya, yakapin, halikan at dalhin sa
kanyang bahay. Sinabi ni Jacob kay Laban ang lahat ng mga
bagay na ito. 14 Sinabi ni Laban sa kanya, "Tunay nga na
ikaw ay aking buto at laman," Pagkataposnanatili si Jacob sa
piling niya ng isang buwan. 15 Pagkatapos sinabi ni Laban
kay Jacob, "Pagsisilbihan mo ba ako sa wala dahil kamag-
anak mo ako? Sabihin mo sa akin, ano ang iyong magiging
kabayaran?" 16 Ngayon si Laban ay may dalawang anak
na babae. Ang pangalan ng nakatatanda ay Lea at ang
pangalan ng nakababatang kapatid ay Raquel. 17 Si Lea ay
may mapupungay na mga mata, pero si Raquel ay maganda
sa anyo at itsura. 18 Minahal ni Jacob si Raquel, kaya
sinabi niya, "Maninilbihan ako sa iyo ng pitong taon para
kay Raquel, ang iyong nakababatang anak na babae." 19
Sinabi si Laban, "Mas mabuti na ibigay ko siya sa iyo, kaysa
ibigay ko siya sa ibang lalaki. Manatili ka sa akin." 20 Kaya
naninilbihan si Jacob ng pitong taon para kay Raquel; at tila
ang mga ito ay parang iilang araw lamang sa kanya, dahil sa
pagmamahal na mayroon siya sa kanya. 21 Pagkatapos
sinabi ni Jacob kay Laban, "Ibigay mo na ang aking asawa,
dahil ang mga araw ko ay natapos na—para mapakasalan
ko na siya!" 22 Kaya tinipon ni Laban ang lahat ng mga lalaki
sa lugar at nagpista. 23 Kinagabihan, kinuha ni Laban si Lea
na kanyang anak at dinala kay Jacob, na siyang sumiping
sa kanya. 24 Binigay rin ni Laban ang kanyang babaeng
lingkod na si Zilpa sa kanyang anak na si Lea, para maging
lingkod niya. 25 Kinaumagahan, nagulat siya, dahil si Lea
ang kasama niya! Sinabi ni Jacob kay Laban, "Ano ba itong
ginawa mo sa akin?" Hindi ba nanilbihan ako sa iyo para
kay Raquel? Bakit dinaya mo ako?" 26 Sinabi ni Laban,
"Hindi namin kaugalian na ibigay ang nakababatang anak
na babae bago ang panganay. 27 Tapusin mo ang isang
linggong kasalan sa anak kong ito, at ibibigay rin namin sa
iyo ang isa bilang kapalit ng iyong paninilbihan sa akin ng
karagdagang pitong taon." 28 Kaya ginawa iyon ni Jacob,
at natapos ang isang linggo para kay Lea. Pagkatapos
ay ibinigay ni Laban sa kanya si Raquel bilang kanyang
asawa rin. 29 Ibinigay rin ni Laban si Bilha sa kanyang
anak na babaeng si Raquel, para maging lingkod. 30 Kaya
pinakasalan ni Jacob si Raquel, dahil minahal niya si Raquel
nang mas higit pa kay Lea. Kaya nanilbihan si Jacob kay
Laban ng karagdagang pitong taon. 31 Nakita ni Yahweh na
si Lea ay hindi minahal, kaya binuksan niya ang kanyang
sinapupunan, pero si Raquel ay walang anak. 32 Si Lea
ay nagdalang-tao at nagsilang ng isang batang lalaki, at
pinangalanan niyang Ruben. Sinabi niya, "Dahil nakita ni
Yahweh ang aking paghihirap; tiyak ngayon na mamahalin na
ako ng aking asawa. 33 Pagkatapos muli siyang nagdalang-
tao at nagsilang ng lalaki. Sinabi niya, "Dahil narinig ni
Yahweh na hindi ako minahal, kaya binigyan din niya ako
ng anak na lalaki," at pinangalanan niya itong Simeon. 34
Pagkatapos nagdalang-tao siya muli at nagsilang ng lalaki.
Sinabi niya, "Ngayon, sa pagkakataong ito, ang aking asawa
ay magiging malapit na sa akin dahil nakapagsilang ako
para sa kanya ng tatlong lalaki." Kaya nga ang kanyang
pangalan ay tinawag na Levi. 35 Nagdalang-tao siya muli
at nagsilang ng lalaki. Sinabi niya, "Sa pagkakataong ito
pupurihin ko si Yahweh." Kaya nga pinangalanan niya itong
Juda; Pagkatapos huminto na siya sa pagkakaroon ng anak.

**30** Nang makita ni Raquel na wala siyang naging anak
kay Jacob, si Raquel ay nainggit sa kanyang kapatid
na babae. Sinabi niya kay Jacob, "Bigyan mo ako ng mga
anak, o mamamatay ako." 2 Ang galit ni Jacob ay nagsiklab
laban kay Raquel. Sinabi niya, "Nasa lugar ba ako ng Dios,
na pumigil sa iyo na magkaanak?" 3 Sinabi niya, "Tingnan
mo, iyan ang aking lingkod na si Bilha. Sipingan mo siya
para magkaroon siya ng mga anak sa aking mga tuhod,
at ako ay magkakaroon ng mga anak sa pamamagitan
niya." 4 Kaya binigay niya ang kanyang lingkod na si Bilha
bilang asawa at sinipingan siya ni Jacob. 5 Nagdalang-
tao si Bilha at nagsilang ng anak na lalaki kay Jacob. 6
Sinabi ni Raquel, "Narinig ako ng Diyos. Tiyak na narinig
niya ang aking tinig at binigyan ako ng isang anak. Kaya
nga, pinangalanan niya itong Dan. 7 Si Bilha, ang lingkod
ni Raquel, ay nagdalang-tao muli at nagsilang kay Jacob
ng pangalawang anak. 8 Sinabi ni Raquel, "Sa matinding
pakikipagbuno, nakipagbuno ako sa aking kapatid at ako
ay nanaig." Siya ay pinangalanan niyang Nephtali. 9 Nang
nakita ni Lea na natigil na siya sa pagkakaroon ng anak,
kinuha niya si Zilpa, ang kanyang lingkod, at ibinigay kay
Jacob bilang asawa. 10 Si Zilpa, na lingkod ni Lea, ay
nagsilang ng lalaki kay Jacob. 11 Sinabi ni Lea, "Ito ay
napakapalad!" Kaya siya ay pinangalanan niyang Gad. 12
Pagkatapos si Zilpa, lingkod ni Lea, ay nagsilang kay Jacob

ng pangalawang anak. 13 Sinabi ni Lea, “Masaya ako! Dahil
ang mga anak na babae ay tatawagin akong masaya.” Kaya
siya ay pinangalanan niyang Asher. 14 Pumunta si Ruben
nang panahon ng pag-ani ang trigo at nakakita ng mga
halaman ng mendreik. Dinala niya ito sa kanyang inang
si Lea. Pagkatapos sinabi ni Raquel kay Lea, “Bigyan mo
ako ilan sa mga halaman ng mendreik ng iyong anak.” 15
Sinabi ni Lea kay Raquel, “Maliit na bagay lang ba sa iyo na
kinuha mo ang aking asawa? Ngayon gusto mo namang
kunin din ang mga halaman ng mendreik ng aking anak?”
Sinabi ni Raquel, “Matutulog siya kasama mo ngayong gabi,
bilang kapalit sa mga halaman ng mendreik ng iyong anak.”
16 Nanggaling si Jacob sa kanyang sakahan kinagabihan.
Lumabas si Lea para salubungin siya at sinabi, “Kailangan
mong matulog kasama ko ngayong gabi, dahil inupahan kita
sa pamamagitan ng mga halaman na mendreik ng aking
anak.” Kaya natulog si Jacob kasama ni Lea nang gabing
iyon. 17 Dininig ng Diyos si Lea, at nagdalang tao siya at
nagsilang ng ikalimang anak nila ni Jacob. 18 Sinabi ni Lea,
“Ibinigay ng Diyos sa akin ang aking mga kabayaran, dahil
ibinigay ko sa aking asawa ang aking babaeng lingkod.” Siya
ay pinangalanan niyang Isacar. 19 Muling nagdalang-tao si
Lea at nagsilang kay Jacob ng ikaanim na anak. 20 Sinabi ni
Lea, “Binigyan ako ng Diyos ng magandang regalo. Ngayon,
pararangalan na ako ng aking asawa, dahil nagsilang ako
ng anim na batang lalaki sa kanya.” Siya ay pinangalanan
niyang Zebulon. 21 Pagkatapos nagsilang siya ng batang
babae at siya ay pinangalanan niyang Dina. 22 Naalala
ng Diyos si Raquel at dininig siya. Dinulot niya na siya ay
mabuntis. 23 Nagdalang-tao siya at nagsilang ng isang anak
na lalaki. Sinabi niya, “Inalis ng Diyos ang aking kahihiyan.”
24 Siya ay pinangalanan niyang Jose, na nagsasabing,
“Si Yahweh ay nagdagdag sa akin ng lalaking anak.” 25
Pagkatapos isilang ni Raquel si Jose, sinabi ni Jacob kay
Laban, “Ipadala mo ako sa malayo, para ako ay makapunta
sa sarili kong tahanan at sa aking bansa. 26 Ibigay mo sa
akin ang aking mga asawa at mga anak na dahilan ng aking
paninilbihan sa iyo, at hayaan mo akong umalis dahil alam
mo naman ang paglilingkod na ibinigay ko sa iyo.” 27 Sinabi
ni Laban sa kanya, “Kung nakahanap ako ng pabor sa
iyong mga mata ngayon, maghintay ka muna, dahil nalaman
ko sa aking pagdarasal na pinagpala ako ni Yahweh para
sa iyong kapakanan.” 28 Pagkatapos sinabi niya, “Sabihin
mo kung magkano ang iyong kabayaran at babayaran ko.”
29 Sinabi ni Jacob sa kanya, “Alam mo kung paano ako
nanilbihan sa iyo at alam mo kung paano lumago ang iyong
mga hayop. 30 Dahil kakaunti lang ang mayroon ka bago
ako dumating, at dumami ito nang dumami. Pinagpala ka ni
Yahweh saan man ako nagtrabaho. Ngayon kailan naman
ako maghahanda para sa aking sariling sambahayan?” 31
Kaya sinabi ni Laban, “Ano ang ibabayad ko sa iyo?” Sinabi
ni Jacob, “Hindi mo ako bibigyan ng anumang bagay. Kung
gagawin mo ang bagay na ito para sa akin, pakakainin ko
ulit at iingatan ang iyong mga kawan. 32 Hayaan mo akong
lumakad doon sa iyong mga kawan ngayon, aalisin ko ang
bawat may batik at may dungis na tupa, at lahat ng mga itim
sa iyong mga tupa, at ang mga may dungis at batik sa mga
kambing. Ito ang aking magiging kabayaran. 33 Ang aking
katapatan ang magpapatunay para sa akin kalaunan, kapag
pupunta ka para tingnan ang aking kabayaran. Lahat na
mga walang batik, walang dungis sa mga kambing, at itim
sa mga tupa, kung mayroon mang makita na nasa akin, ay
ituturing na ninakaw.” 34 Sinabi ni Laban, “Pumapayag ako.
Mangyayari ang mga ito ayon sa sinabi mo.” 35 Sa araw na
iyon inalis ni Laban ang lahat ng mga lalaking kambing na
may guhit at dungis, at ang lahat ng mga babaeng kambing
na may batik at dungis, ang lahat na may puti, at ang lahat
ng mga itim sa mga tupa, at ibinigay niya ito sa kamay ng
kanyang mga anak na lalaki. 36 Naglagay din si Laban ng
tatlong araw na paglalakbay sa pagitan ng kanyang sarili
at kay Jacob. Kaya si Jacob ay nagsikap na alagaan ang
natitirang kawan ni Laban. 37 Kumuha si Jacob ng sariwang
pinutol na mga sanga ng sariwang alamo, at ng almendro
at ng kastanong punongkahoy, at binalatan sila ng puting
guhit, at pinalitaw ang puting loob ng kahoy na nasa mga
patpat. 38 Pagkatapos inilagay niya ang binalatang patpat
sa harap ng mga kawan, sa harap ng patubigan kung saan
ang mga kawan ay umiinom. Nabubuntis sila sa tuwing sila
ay umiinom. 39 Ang mga kawan ay nagparami sa harap
ng mga patpat; at ang mga kawan ay nanganak ng may
guhit, may batik, at may dungis na bata. 40 Si Jacob ay
naghiwalay sa mga babaeng tupa, at hinarap ang kanilang
mga mukha sa mga hayop na may guhit at lahat ng itim na
tupa sa kawan ni Laban. Pagkatapos, ihiniwalay niya ang
kaniyang mga kawan at hindi na sila isinama kailanman
sa kawan ni Laban. 41 Sa tuwing nagpaparami ang mga
malalakas na tupa sa kawan, nilalagay ni Jacob ang mga
patpat sa may patubigan sa harapan ng mga mata ng
kawan, para mabuntis sila sa gitna ng mga patpat. 42 Pero
kapag dumating ang mahihinang hayop sa kawan, hindi niya
inilalagay ang mga patpat sa kanilang harapan. Kaya ang
mga mahihinang hayop ay kay Laban, at ang mga malalakas
ay kay Jacob. 43 Naging masagana ang lalaki. Mayroon
siyang maraming mga kawan, mga babaeng at lalaking
lingkod, mga kamelyo at mga asno.

**31** Ngayon narinig ni Jacob ang mga salita ng mga anak
ni Laban, na sinabi nila, “Kinuha ni Jacob ang lahat na
mga pag-aari ng ating ninuno, at galing sa mga pag-aari ng

ating ninuno ang lahat nang nakuha niyang kayamanan.”
2 Nakita ni Jacob ang anyo ng mukha ni Laban. Nakita
niya na nagbago ang kanyang pakikitungo sa kanya. 3
Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay Jacob, “Bumalik ka sa
lupain ng iyong mga ninuno at sa iyong mga kamag-anak,
at ako'y makakasama mo.” 4 Pinatawag at pinapunta ni
Jacob sina Raquel at Lea sa bukid sa kanyang kawan 5
at sinabi sa kanila, “Nakita kong nagbago ang pakikitungo
ng inyong ama sa akin, ngunit ang Diyos ng aking ama ay
kasama ko. 6 Alam ninyong pinaglingkuran ko ang inyong
ama ng buong lakas ko. 7 Nilinlang ako ng inyong ama at
pinalitan ng sampung beses ang sahod ko, ngunit hindi
siya pinahintulutan ng Diyos na ako'y masaktan. 8 Nang
sinabi niya, 'Ang batik-batik na mga hayop ang ibibigay
kong sahod sa iyo,' sa gayon ang lahat ng buong kawan ay
nagsilang ng mga batang batik-batik. At nang sinabi niya,
'Ang mga guhitan ang iyong magiging sahod,' sa gayon ang
lahat ng buong kawan ay nagsilang ng mga batang guhitan.
9 Sa ganitong paraan kinuha ng Diyos ang mga alagang
hayop ng inyong ama at ibinigay sila sa akin. 10 Minsan
sa panahon ng pagpaparami, nakita ko sa isang panaginip
ang mga lalaking kambing na nakikipagtalik sa kawan. Ang
mga lalaking kambing ay mga guhitan, batik-batik at may
butlig. 11 Sinabi sa akin ng anghel ng Diyos sa panaginip,
“Jacob.' Sumagot ako, 'Narito ako.' 12 Sabi niya, 'Imulat
mo ang iyong mga mata at tingnan mo ang lahat ng mga
lalaking kambing na nagpaparami sa kawan. Sila ay mga
guhitan, may batik-batik at may batik, sapagkat nakita ko
ang lahat ng bagay na ginagawa ni Laban sa iyo. 13 Ako
ang Diyos ng Bethel, kung saan mo binuhusan ng langis ang
isang haligi, kung saan ka gumawa ng isang panata sa akin.
Ngayon, tumindig ka at lisanin ang lupaing ito at bumalik sa
lupain ng iyong kapanganakan.'” 14 Sumagot sina Raquel at
Lea at sinabi sa kanya, “Mayroon ba kaming makukuhang
anumang pamana sa bahay ng aming ama? 15 Hindi ba
itinuring niya tayo bilang mga dayuhan? Sapagkat ipinagbili
niya tayo at tuluyang inubos ang ating pera. 16 Dahil lahat
ng kayamanang kinuha ng Diyos sa ating ama ngayo’y sa
atin na at sa ating mga anak. Kaya ngayon, anumang sinabi
ng Diyos sa iyo, gawin mo.” 17 Pagkatapos bumangon si
Jacob at pinasakay ang kanyang mga anak at mga asawa
sa mga kamelyo. 18 Pinauna niya ang kanyang mga alagang
hayop, kasabay ng lahat ng kanyang mga ari-arian, pati na
ang mga alagang hayop na nakuha niya sa Paddan Aram.
Pagkatapos humayo siya patungo sa lupain ng Canaan sa
kanyang amang si Isaac. 19 Nang umalis si Laban para
gupitan ang kanyang mga tupa, ninakaw naman ni Raquel
ang diyos ng sambahayan ng kanyang ama. 20 Nilinlang
din ni Jacob si Laban na Aramean, sa hindi pagsasabing
aalis siya. 21 Kaya tumakas siya dala lahat ng mayroon siya
at nagmamadaling tumawid sa Ilog, patungo sa dako ng
burol na bansa ng Galaad. 22 Sa ikatlong araw, nalaman
ni Laban na tumakas si Jacob. 23 Kaya dinala niya ang
kanyang mga kamag-anak at tinugis siya sa pitong araw na
paglalakbay. Naabutan siya sa burol na bansa ng Galaad.
24 Ngayon nagpakita ang Diyos kay Laban na Aramean
sa isang panaginip sa gabi at sinabi sa kanya, “Mag-ingat
kang magsalita kay Jacob, kahit masama man o mabuti.” 25
Naunahan ni Laban si Jacob. Ngayon itinayo ni Jacob ang
kanyang tolda sa burol na bansa. Nagkampo rin si Laban
at ang kanyang mga kamag-anak sa burol na bansa ng
Galaad. 26 Sinabi ni Laban kay Jacob, “Ano ang ginawa mo,
na nilinlang mo ako at tinangay ang aking mga anak na
babae na parang mga bilanggo sa digmaan? 27 Bakit ka
tumakas nang palihim at nilinlang ako at hindi mo man lang
ako sinabihan. Pinaalis sana kita nang may pagdiriwang,
at may mga awitin, may tamborin at may mga alpa. 28
Hindi mo ako pinayagang halikan ang aking mga apong
lalaki at babae upang makapagpaalam. Gumawa ka ng
kamangmangan. 29 Nasa kapangyarihan ko ang gawan kayo
ng masama, ngunit ang Diyos ng inyong ama ay nakipag-
usap sa akin kagabi at sinabi, 'Mag-ingat kang magsalita
laban kay Jacob masama man o mabuti.' 30 At ngayon,
lumayo ka dahil labis ka nang nangulila sa bahay ng iyong
ama. Ngunit bakit mo ninakaw ang aking mga diyos?” 31
Sumagot si Jacob at sinabi kay Laban, “Dahil natatakot ako
at ang akala ko na kukunin mo ang iyong mga anak na
bababe mula sa akin nang sapilitan kaya umalis ako nang
palihim. 32 Kung sino man ang nagnakaw ng iyong mga
diyos-diyosan ay hindi na patuloy na mabubuhay. Sa harap
ng ating mga kamag-anak, alamin mo kung anong mayroon
sa akin ang sa iyo at kunin mo.” Pagkat hindi alam ni Jacob
na si Raquel ang nagnakaw sa mga iyon. 33 Pumunta
si Laban sa tolda ni Jacob, sa tolda ni Lea at sa tolda
ng dalawang babaeng alipin, ngunit hindi niya natagpuan
ang mga ito. Pumunta siya sa tolda ni Lea at pumasok sa
tolda ni Raquel. 34 Ngayon kinuha ni Raquel ang diyos ng
sambahayan, nilagay niya ang mga ito sa upuan sa likod ng
kamelyo at inupuan niya. Hinanapan ni Laban ang buong
tolda, ngunit hindi niya ito natagpuan. 35 Sinabi ni Raquel
sa kanyang ama, “Huwag kang magalit, aking panginoon,
sapagkat hindi ako makakatayo sa kinauupuan ko dahil sa
ako ay may buwanang dalaw.” Kaya naghanap siya ngunit
hindi niya natagpuan ang kanyang pansambahayang diyos.
36 Nagalit si Jacob at nakipagtalo kay Laban. Sinabi niya
sa kanya, “Ano ba ang atraso ko? Ano ba ang kasalanan
ko, na pinag-iinitan mo akong habulin? 37 Hinanapan mo
na ang lahat ng aking ari-arian. Anong natagpuan mong

iyong mga pansambahayang bagay? Ilagay ang mga iyon
dito sa harap ng ating mga kamag-anak, upang humatol
sila sa pagitan nating dalawa. **38** Kasama ninyo ako sa
loob ng dalawampung taon. Ang inyong mga babaeng
tupa at babaeng kambing ay hindi nakunan, ni kumain ako
ng anumang lalaking tupa mula sa iyong mga kawan. **39**
Anuman ang nilapa ng mga mababangis na hayop hindi ko
dinala sa iyo. Sa halip, inako ko ang pagkawala nito. Palagi
mo akong pinagbayad sa mga nawawalang hayop, kahit na
ninakaw sa araw o ninakaw sa gabi. **40** Naroon ako; sa araw
pinahirapan ako ng init, at ng nagyeyelong hamog sa gabi;
at nagtiis ako nang walang tulog. **41** Nitong dalawampung
taon ay nasa inyong sambahayan mo ako. Nagtrabaho
ako ng labing-apat na taon para sa dalawa mong anak na
babae, at anim na taon para sa iyong kawan. Binago mo
ang aking sahod ng sampung beses. **42** Kung ang Diyos na
sinasamba ng aking ama, ang Diyos ni Abraham, at ang
isang kinatatakutan ni Isaac ay kasama ko, tiyak na ngayon
pinaalis mo na sana akong walang dala. Nakita ng Diyos
ang aking kaapihan at kung gaano kabigat ako nagtrabaho,
at pagsabihan ka niya kagabi." **43** Sumagot si Laban kay
Jacob. "Ang mga anak na babae ay aking mga anak na
babae, ang mga apo ay aking mga apo, ang mga kawan ay
aking mga kawan. Lahat ng nakita mo ay akin. Ngunit ano
ba ang gagawin ko ngayon sa aking mga anak na babae
at sa magiging anak nila na kanilang isinilang? **44** Kaya
ngayon, gagawa tayo ng isang kasunduan, ikaw at ako, at
hayaang maging saksi ito sa pagitan mo at sa akin." **45** Kaya
kumuha si Jacob ng isang bato at itinayo bilang isang haligi.
**46** Sinabi ni Jacob sa kanyang mga kamag-anak, "Magtipon
kayo ng mga bato." Kaya kumuha sila ng mga bato at
gumawa ng isang tumpok. Pagkatapos doon sila kumain sa
may tumpok. **47** Tinawag ni Laban itong Jegar-sahaduta,
ngunit tinawag ni Jacob itong Galeed. **48** Sinabi ni Laban,
"Ang mga tumpok na ito ang isang saksi sa pagitan ko at sa
iyo ngayon." Kaya ang pangalan ay tinawag na Galeed. **49**
Tinawag din itong Mizpah, dahil sinabi ni Laban, "Nawa si
Yahweh ang magbantay sa pagitan mo at ako, kung hindi
natin nakikita ang isa't isa. **50** Kung abusuhin mo ang aking
mga anak, o kumuha ka ng ibang mga asawa maliban sa
mga anak ko, bagamat wala tayong kasama, tingnan mo,
ang Diyos ang saksi sa pagitan mo at ako." **51** Sinabi ni
Laban kay Jacob, "Tingnan mo ang tumpok na ito at tingnan
ang poste, kung saan itinakda ko sa pagitan mo at ako. **52**
Ang poste na ito ay isang saksi, at ang haligi ay isang saksi,
na hindi ako lalampas sa tumpok na ito patungo sa iyo, at
hindi ka lalampas sa tumpok na ito at sa haliging ito patungo
sa akin, para gumawa ng pinsala. **53** Nawa'y ang Diyos ni
Abraham, at ang Diyos ni Nahor, ang Diyos ng kanilang
ama, ang humatol sa pagitan natin." Nanumpa si Jacob
sa Diyos, na kinatatakutan ng kanyang amang si Isaac.
**54** Nag-alok ng isang alay si Jacob sa bundok at tinawag
ang kanyang mga kamag-anak para kumain. Kumain sila
at nanatili sila sa bundok buong gabi. **55** Madaling araw
pa bumangon si Laban, hinalikan ang kanyang mga apong
lalaki at mga anak na babae at pinagpala sila. Pagkatapos
umalis si Laban at bumalik sa kanyang tahanan.

**32** Humayo na rin si Jacob, at sinalubong siya ng mga
anghel ng Diyos. **2** Nang makita sila ni Jacob, sinabi
niya, "Ito ang kampo ng Diyos," kaya tinawag niya ang
lugar na iyon na Mahanaim. **3** Nagpadala si Jacob ng mga
mensahero para sa kanyang kapatid na si Esau, sa lupain ng
Seir, sa rehiyon ng Edom. **4** Inutusan niya sila at sinabing,
"Ito ang sasabihin ninyo sa aking panginoon na si Esau:
"Ito ang sinasabi ng iyong alipin na si Jacob: 'Naninirahan
ako kapiling ni Laban hanggang ngayon. **5** Mayroon akong
mga baka, mga asno, at mga kawan, babae at lalaking mga
alipin. Nagpadala ako para sabihin ito sa aking panginoon,
upang makasumpong ako ng pabor sa iyong paningin.'" **6**
Bumalik ang mga mensahero kay Jacob at sinabi, "Pumunta
kami sa iyong kapatid na si Esau. Paparito siya upang
makipagkita sa iyo at may kasama siyang apat na daang
tao." **7** Labis na natakot at nababahala si Jacob. Kaya hinati
niya ang mga taong kasama sa dalawang kampo pati ang
mga kawan, mga pangkat ng mga hayop at mga kamelyo. **8**
Sinabi niya, "Kapag sinalakay ni Esau ang isang kampo,
ang naiwang kampo ay makakatakas." **9** Sinabi ni Jacob,
"Diyos ng aking amang si Abraham, Diyos ng aking amang
si Isaac, Yahweh, na siyang nagsabi sa akin, 'Bumalik ka sa
iyong bansa at sa iyong mga kamag-anak at pasasaganain
kita,' **10** Hindi ako karapat-dapat sa lahat ng iyong mga
gawa ng tipan ng katapatan at lahat ng pagtitiwalang ginawa
mo para sa iyong lingkod. Dahil tungkod ko lamang ang
dala ko nang tumawid dito sa Jordan, at ngayon naging
dalawang kampo ako. **11** Pakiusap iligtas mo ako sa kamay
ng aking kapatid, sa kamay ni Esau, sapagkat natatakot ako
sa kanya, na darating siya at sasalakayin ako at mga ina
na kasama ang kanilang mga anak. **12** Ngunit sinabi mo,
"Tiyak na gagawin kitang masagana. Gagawin ko ang iyong
mga kaapu-apuhan na parang buhangin ng dagat, na hindi
kayang bilangin dahil sa kanilang dami."" **13** Nanatili doon si
Jacob sa gabing iyon. Kumuha siya ng ilan sa kung anong
mayroon siya bilang regalo kay Esau, na kanyang kapatid:
**14** dalawandaang babaeng kambing at dalawampung lalaking
kambing, dalawandaang babaeng tupa at dalawampung
lalaking tupa, **15** tatlumpung gatasang kamelyo at kanilang
mga bisiro, apatnapung baka at sampung toro, dalawampung
babaeng asno at sampung lalaking asno. **16** Ang mga ito

ay ipinadala niya sa kanyang mga lingkod, bawat kawan
ayon sa sarili nito. Sinabi niya sa kanyang mga lingkod,
“Mauna kayo sa akin at maglagay ng puwang sa paggitan
ng bawat mga kawan.” **17** Inutusan niya ang unang lingkod,
na nagsasabing, “Kapag salubungin kayo ng aking kapatid
at tanungin kayo, na nagsasabing, 'Kanino kayo nabibilang?
Saan kayo pupunta? At kanino naman itong mga hayop sa
harap ninyo?' **18** Sa gayon sasabihin mong, 'Sila ay kay
Jacob na iyong lingkod. Sila ay regalong pinadala sa aking
among si Esau. At tingnan ninyo, siya ay paparating din
kasunod namin.'” **19** Nagbigay din si Jacob ng tagubilin
sa pangalawang pangkat, sa pangatlo, at sa lahat ng
taong nakasunod sa kawan. Sinabi niya, “Ganun din ang
sasabihin ninyo kay Esau kapag nakasalubong ninyo siya.
**20** Sasabihin din ninyo, 'Ang iyong lingkod na si Jacob ay
darating kasunod namin.'” Pagkat naisip niya, “Mapapalubag
ko siya sa mga regalong pinapadala kong nauna sa akin. Sa
gayon maya-maya, kapag nagkita kami, marahil tatanggapin
niya ako.” **21** Kaya nauna sa kanya ang mga regalo. Siya
mismo ay nanatili sa kampo nang gabing iyon. **22** Bumangon
si Jacob sa kalagitnaan ng gabi, at dinala ang kanyang
dalawang asawa, kanyang dalawang babaeng alipin, at
ang kanyang labing isang mga anak. Pinadala niya sila sa
kabila ng sapa ng Jabbok. **23** Sa ganitong paraan pinadala
niya sila sa kabila ng ilog kasama ang lahat ng kanyang
mga ari-arian. **24** Mag-isang naiwan si Jacob, at may taong
nakipagbuno sa kanya hanggang madaling araw. **25** Nang
makita ng tao na hindi niya siya kayang talunin, hinampas
niya ang balakang ni Jacob. Napilayan ang balakang ni
Jacob sa pakikipagbuno niya sa kanya. **26** Sinabi ng tao,
“Pahintulutan mo akong umalis, pagkat mag-uumaga na.”
Sabi ni Jacob, “Hindi kita pahihintulutang umalis maliban
kung pagpalain mo ako.” **27** Sinabi ng tao sa kanya, “Ano
ang pangalan mo?” Sinabi ni Jacob, “Jacob.” **28** Sinabi ng
tao, “Ang pangalan mo ay hindi na tatawaging Jacob, sa
halip, Israel na. Sapagkat nakipaglaban ka sa Diyos at sa
tao at nanaig ka.” **29** Tinanong siya ni Jacob, “Pakiusap
sabihin mo sa akin ang iyong pangalan.” Sinabi nito, “Bakit
mo tinatanong ang aking pangalan?” Pagkatapos siya ay
kanyang pinagpala. **30** Tinawag ni Jacob ang lugar na iyon
na Peniel sapagkat ang sabi niya, “Nakita ko ang mukha ng
Diyos nang harapan, at iniligtas ang buhay ko.” **31** Sinikatan
ng araw si Jacob habang dumadaan siya sa Peniel. Paika-
ika siya dahil sa kanyang balakang. **32** Kaya hanggang
ngayon ang bayan ng Israel ay hindi kumakain ng mga litid
ng balakang na nasa dugtong ng balakang, dahil ang taong
pumilay sa mga litid ng balakang na nasa habang inaalis sa
puwesto ang balakang ni Jacob.

**33** Tumingala si Jacob at masdan, paparating si Esau,
at kasama niya ang apatnaraang lalaki. Hinati ni Jacob
ang mga bata kina Lea, Raquel at sa dalawang babaeng
alipin. **2** Pagkatapos inilagay niya ang mga babaeng alipin
at ang kanilang mga anak sa harapan, kasunod si Lea at
ang kanyang mga anak, at kasunod si Raquel at si Jose
ang pinakahuli sa lahat. **3** Siya mismo ang nauna sa kanila.
Yumukod siya ng pitong beses, hanggang makalapit siya
sa kanyang kapatid. **4** Tumakbo si Esau para salubungin
siya, niyakap siya, niyapos ang kanyang leeg, at hinalikan
siya. Pagkatapos sila'y nag-iyakan. **5** Nang tumingala si
Esau, nakita niya ang mga babae at mga bata. Sinabi niya,
“Sino itong mga taong kasama mo?” Sinabi ni Jacob, “Ang
mga anak na malugod na ipinagkaloob ng Diyos sa iyong
lingkod.” **6** Pagkatapos ang mga babaeng alipin ay lumapit
kasama ang kanilang mga anak, at sila'y yumukod. **7** Sunod
na lumapit si Lea at ang kanyang mga anak at yumukod. Sa
huli, si Jose at si Raquel ay lumapit at yumukod. **8** Sinabi ni
Esau, “Anong ibig mong sabihin sa lahat ng mga pangkat na
nasalubong ko?” Sinabi ni Jacob, “Upang makasumpong
ako ng pabor sa paningin ng aking panginoon.” **9** Sinabi
ni Esau, “Mayroon na akong sapat, kapatid ko. Itago mo
na kung ano ang mayroon ka para sa iyong sarili.” **10**
Sinabi ni Jacob, “Hindi, pakiusap, kung nakasumpong ako
ng pabor sa iyong paningin, sa gayon tanggapin mo ang
aking regalo mula sa aking kamay, dahil tunay, nakita ko ang
iyong mukha at kahalintulad nito ang pagkakita sa mukha ng
Diyos, at tinanggap mo ako. **11** Pakiusap tanggapin mo ang
aking mga regalong dinala ko sa iyo, dahil malugod akong
pinakitunguhan ng Diyos, at dahil mayroon na akong sapat.”
Kaya pinilit siya ni Jacob, at tinanggap naman ito ni Esau.
**12** Pagkatapos sinabi ni Esau, “Lumakad na tayo. Mauuna
ako sa inyo.” **13** Sinabi ni Jacob sa kanya, “Nalalaman ng
aking panginoon na ang mga bata ay musmos pa lang, at
ang mga tupa at mga baka ay nagpapasuso ng kanilang
mga anak. Kung sila'y pipiliting maglakad ng mabilis kahit
isang araw lang, ang lahat ng mga hayop ay mamamatay.”
**14** Pakiusap ko mauna na ang aking panginoon sa kanyang
lingkod. Maglalakbay ako ng mabagal, ayon sa hakbang
ng aking mga alagang hayop na nasa harapan ko, at ayon
sa hakbang ng mga bata, hanggang makarating ako sa
aking panginoon sa Seir.” **15** Sinabi ni Esau, “Hayaan mong
ipaiwan ko sa iyo ang ilan sa mga kasama kong tauhan.”
Subalit sinabi ni Jacob, “Bakit mo gagawin iyan? Ang aking
panginoon ay naging mabait nang sa akin.” **16** Kaya sa araw
na iyon nagsimula si Esau na bumalik sa Seir. **17** Naglakbay
si Jacob papuntang Sucot, iginawa ang kanyang sarili ng
bahay, at gumawa ng mga silungan para sa kanyang mga
alagang hayop. Kaya tinawag ang pangalan ng lugar na

Sucot. 18 Nang dumating si Jacob mula sa Paddan Aram,
ligtas siyang nakarating sa lungsod ng Sechem, na nasa
lupain ng Canaan. Nagkampo siya malapit sa lungsod. 19
Pagkatapos binili niya ang kapirasong lupa kung saan niya
itinayo ang kanyang tolda mula sa mga anak na lalaki ni
Hamor, na ama ni Sechem, sa halagang isandaang piraso
ng pilak. 20 Nagtayo siya roon ng altar at tinawag itong El
Elohe Israel.

**34** Ngayon si Dina, na babaeng anak ni Lea kay Jacob ay
lumabas para makilala ang mga dalaga ng lupain. 2
Nakita siya ni Sechem, na anak ni Hamor na Hevita ang
prinsipe ng lupain at hinila siya, nilapastangan at hinalay.
3 Naakit siya kay Dina, na anak ni Jacob. Minahal niya
ang dalaga at magiliw na kinausap siya. 4 Kinausap ni
Sechem ang kanyang amang si Hamor, sinabing, "Kunin mo
ang dalagang ito para sa akin upang maging asawa ko."
5 Ngayon narinig ni Jacob na dinungisan niya si Dina na
kanyang anak. Nasa bukid ang kanyang mga anak na lalaki
kasama ng kanyang mga alagang hayop, kaya nanahimik si
Jacob hanggang sa dumating sila. 6 Pumunta kay Jacob si
Hamor na ama ni Sechem. 7 Dumating ang mga anak na
lalaki ni Jacob na galing sa bukid nang marinig nila ang
nangyari. Nasaktan ang mga lalaki. Labis silang nagalit dahil
pinahiya nila ang Israel sa pagpupumilit sa kanyang sarili
sa anak na babae ni Jacob, dahil ang bagay na iyon ay
hindi dapat ginawa. 8 Nakipag-usap si Hamor sa kanila at
sinabing, "Iniibig ng aking anak na si Sechem ang iyong
anak na babae. Pakiusap ibigay mo siya sa kanya bilang
asawa. 9 Makipag-asawa kayo sa amin, ibigay mo ang mga
anak mong babae sa amin, at kunin ninyo ang mga anak
naming babae para sa inyong sarili. 10 Maninirahan kayo
sa amin, at magiging bukas ang lupain para sa inyo para
manirahan at makipagkalakalan, at makakuha ng ari-arian."
11 Sinabi ni Sechem sa kanyang ama at sa kanyang mga
kapatid na lalaki, "Hayaan ninyong makasumpong ako ng
pabor mula sa inyong mga mata, at anuman ang sabihin
ninyo sa akin ay ibibigay ko. 12 Hingiin ninyo sa akin gaano
man kalaki ang dote at ragalong naisin ninyo, at ibibigay ko
ang anumang sabihin ninyo sa akin, ngunit ibigay ninyo ang
dalaga bilang asawa." 13 Sumagot ang mga anak na lalaki
ni Jacob kay Sechem at kay Hamor na kanyang ama na
may panlilinlang, sapagkat dinungisan ni Sechem si Dina
na kanilang kapatid. 14 Sinabi nila sa kanila, "Hindi namin
magagawa ang bagay na ito, ang pagbibigay ng aming
kapatid na babae sa sinumang hindi tuli; sapagkat iyan ay
magiging kahihiyan sa amin. 15 Sa kondisyong ito lamang
kami makikipagkasundo sa inyo: kung magpapatuli kayo
kagaya namin, kung ang bawat lalaki sa inyo ay tutuliin. 16
Sa gayon ibibigay namin ang aming mga anak na babae sa
inyo, at kukunin namin ang inyong mga anak na babae para
sa aming sarili, at makipamuhay kami sa inyo at tayo ay
magiging isang bayan. 17 Ngunit kung hindi kayo makikinig
sa amin at magpatuli, sa gayon kukunin namin ang aming
kapatid at aalis kami." 18 Kinalugdan ni Hamor at ng kanyang
anak na si Sechem ang kanilang mga sinabi. 19 Hindi na
nag-atubili ang binatang gawin kung ano ang sinabi nila,
dahil siya ay nalugod sa anak na babae ni Jacob, at dahil
siya ang pinakamarangal na tao sa buong sambahayan ng
kanyang ama. 20 Pumunta si Hamor at Sechem sa kanyang
anak sa tarangkahan ng kanilang siyudad at nakipag-usap
sa mga kalalakihan ng kanilang siyudad na sinasabing, 21
"Ang mga taong ito ay namumuhay ng payapa kasama natin,
kaya hayaan natin silang mamuhay sa lupain at mangalakal
dito, dahil tunay na ang lupain ay malawak na sapat para
sa kanila. Kunin natin ang mga anak nilang babae bilang
mga asawa, at ibigay natin sa kanila ang ating mga anak na
babae. 22 Sa ganitong kondisyon lamang papayag ang mga
kalalakihan na manirahan kasama natin at tayo'y maging
isang bayan: kung tutuliin ang bawat lalaki sa atin, tulad
ng sila ay tuli. 23 Hindi ba maaaring ang kanilang mga
alagang hayop at ang kanilang ari-arian—lahat ng kanilang
mga hayop ay magiging atin? Kaya makipagkasundo tayo
sa kanila, at maninirahan sila kasama natin." 24 Lahat ng
mga lalaki ng lungsod ay nakinig kay Hamor at Sechem, na
kanyang anak. Nagpatuli ang bawat lalaki. 25 Sa ikatlong
araw, nang matindi ang sakit ng sugat nila, ang dalawa
sa mga anak na lalaki ni Jacob, sina Simeon at Levi na
mga kapatid ni Dina, ang kanilang espada at pumunta sa
lungsod na walang bantay, at pinatay ang lahat ng mga
kalalakihan. 26 Pinatay nila si Hamor at Sechem na kanyang
anak, sa pamamagitan ng talim ng espada. Kinuha nila si
Dina mula sa bahay ni Sechem at umalis. 27 Ang ibang anak
na lalaki ni Jacob ay pumunta sa mga patay na katawan at
ninakawan nila ang siyudad, dahil nilapastangan ng mga tao
ang kanilang kapatid na babae. 28 Kinuha nila ang kanilang
mga kawan, mga pangkat ng hayop, mga asno at lahat
ng bagay na nasa siyudad at nakapalibot na mga bukid
kasama 29 ang lahat ng kanilang kayamanan. Hinuli nila
ang lahat ng kanilang mga anak at mga asawa. Kinuha nila
maging ang lahat ng bagay na nasa mga bahay. 30 Sinabi
ni Jacob kay Simeon at Levi, "Nagdala kayo ng gulo sa
akin upang bumaho ako sa mga naninirahan sa lupain, sa
mga Cananeo at mga Perezeo. Kakaunti na lamang ang
aking bilang. Kung iipunin nila ang kanilang mga sarili laban
sa akin at lulusubin ako, malilipol ako, ako at ang aking
sambahayan. 31 Ngunit sinabi ni Simeon at Levi, "Maari
bang pakitunguhan ni Sechem ang aming kapatid na katulad
ng babaeng bayaran?"

35 Sinabi ng Diyos kay Jacob, “Humayo ka, pumunta ka
sa Betel, at manatili roon. Gumawa ng altar doon sa
Diyos, na nagpakita sa iyo nang ikaw ay tumakas mula
kay Esau na iyong kapatid.” 2 Pagkatapos sinabi ni Jacob
sa kaniyang sambahayan at sa lahat ng kasama niya,
“Ilayo ang mga dayuhang diyos na kapiling ninyo, linisin
ang inyong mga sarili, at palitan ang inyong mga damit. 3
Pagkatapos umalis tayo at pumunta sa Betel. Magtatayo
ako ng altar doon sa Diyos, na sumagot sa akin sa araw
ng aking paghihinagpis, at naging kasama ko saan man
ako pumaroon.” 4 Kaya ibinigay nila kay Jacob ang lahat
ng dayuhang mga diyos na nasa kanilang mga kamay at
mga hikaw na nasa kanilang mga tainga. Inilibing ni Jacob
ang mga ito sa ilalim ng puno ng kakayuhayng malapit sa
Sequem. 5 Habang naglalakbay sila, ginawa ng Diyos na
masindak ang mga siyudad na nakapaligid sa kanila, kaya
hindi hinabol ng mga taong iyon ang mga anak ni Jacob. 6
Kaya dumatingsi Jacob sa Luz (iyon ay, Betel), na nasa
lupain ng Canaan, siya at ang lahat ng mga taong kasama
niya. 7 Siya ay gumawa ng altar doon at tinawag ang lugar
na El Betel, dahil doon inihayag ng Diyos ng kanyang sarili
sa kanya, nang tumatakas siya mula sa kanyang kapati. 8
Namatay si Debora, na tagapag-alaga ni Rebeka. Inilibing
siya mula Betel sa ilalim ng kakayuhang puno, kaya tinawag
itong Allon Bacuth. 9 Nang si Jacob ay dumating mula sa
Paddan Aram, nagpakitaang muli ang Diyos sa kanya at
pinagpala siya. 10 Sinabi ng Diyos sa kaniya “Ang pangalan
mo ay Jacob, ngunit ang iyong pangalan mo ay hindi na
tatawaging Jacob. Ang pangalan mo ay magiging Israel.”
Kaya tinawag ng Diyos ang kanyang pangalang Israel. 11
Sinabi ng Diyos sa kanya, “Ako ang Makapangyarihang
Diyos. Maging mabunga ka at magpakarami. Isang bansa at
samahan ng mga bansa ang manggagaling sa iyo, at mga
hari ang magiging mga kaapu-apuhan mo. 12 Ang lupaing
ibinigay ko kina Abraham at Isaac, ibibigay ko sa iyo. Sa
iyong mga kaapu-apuhang susunod sa iyo akin ding ibibigay
ang lupain.” 13 Umalis ang Diyos paakyat mula sa kanya sa
lugar kung saan nakipag-usap siya sa kanya. 14 Si Nagtayo
si Jacob ng haligi sa lugar kung saan nangusap sa kanya
ang Diyos, isang haliging bato. Nagbuhos siya ng handog
na inumin at nagbuhos ng langis doon. 15 Pinangalanan ni
Jacob ang lugar kung saan nangusap sa kanya ang Diyos,
na Betel. 16 Naglakbay pa sila mula sa Betel. Habang may
kalayuan pa sila mula Eprath, nakaramdam na si Raquel
ng panganganak. 17 Nakaranas siya ng matinding hirap
sa panganganak. Habang siya ay nasa pinakamatinding
kahirapan sa panganganak, sinabi ng hilot sa kanya “Huwag
kang matakot, dahil ngayon magkakaroon ka ng isa pang
anak na lalaki. 18 Habang naghihingalo siya, kasabay ng
kanyang huling hininga pinangalanan niya siyang Benoni,
ngunit ang kaniyang ama ay tinawag siyang Benjamin. 19
Namatay si Raquel at inilibing sa daan papunta sa Eprat
(iyon ay, Betlehem). 20 Nagtayo si Jacob ng isang haligi
sa ibabaw ng kanyang libingan. Iyon ang palatandaan ng
libingan ni Raquel hanggang sa araw na ito. 21 Si Israel
ay naglakbay pa at itinayo ang kaniyang tolda sa ibayo ng
Migdal Eder. 22 Habang nakatira si Israel pa sa lupaing iyon,
sumiping si Reuben kay Bilha na ibang asawa kanyang ama,
at narinig ito ni Israel. Ngayon si Jacob ay may labindalawang
anak na lalaki. 23 Ang kanyang mga anak na lalaki kay Lea
ay sina Reuben, panganay ni Jacob, at si Simeon, Levi,
Juda, Isacar, at Zebulun. 24 Ang kanyang mga anak na
lalaki kay Raquel ay sina Jose at Benjamin. 25 Ang kanyang
mga anak na lalaki kay Bilha, na babaeng lingkod ni Raquel,
ay sina Dan at Neftali. 26 Ang mga anak na lalaki ni Zilpa,
na babaeng lingkod ni Lea, ay sina Gad at Asher. Lahat
ng mga ito ay mga anak na lalaki ni Jacob na ipinanganak
sa kanya sa Paddan Aram. 27 Si Jacob ay pumunta kay
Isaac, na kanyang ama, sa Mamre sa Kiriath Arba (pareho
sa Hebron), kung saan nanirahan sina Abraham at Isaac. 28
Nabuhay si Isaac sa loob ng isandaan at walumpung taon.
29 Inihinga ni Isaacs ang kanyang huli at siya ay namatay,
at tinipon siya sa kanyang mga ninuno, isang matandang
lalaking ganap ang mga araw. Inilibing siya ng kanyang mga
anak na sina Esau at Jacob.

36 Ito ang mga kaapu-apuhan ni Esau (tinatawag ding
Edom). 2 Kinuha ni Esau ang kanyang mga asawa
mula sa mga Cananeo. Ito ang mga asawa niya: Si Ada na
anak na babae ni Elon na Heteo; si Aholibama na anak na
babae ni Ana, na apong babae ni Zibeon na Hivita; 3 at
Basemat, anak na babae ni Ismael, na kapatid na babae ni
Nebayot. 4 Isinilang ni Ada si Elifaz kay Esau, at si Basemat
ay isinilang si Reuel. 5 Isinilang ni Aholibama sina Jeus,
Jalam at Korah. Ito ang mga anak na lalaki ni Esau na
ipinanganak sa kanya sa lupain ng Canaan. 6 Dinala ni Esau
ang kanyang mga asawa, mga anak na lalaki, mga anak na
babae, lahat ng mga kabilang sa kanyang sambahayan,
kanyang mga alagang hayop—lahat ng kanyang mga hayop,
at lahat ng kanyang mga ari-arian, na tinipon niya sa lupain
ng Canaan, at pumunta sa lupaing malayo sa kanyang
kapatid na si Jacob. 7 Ginawa niya ito dahil ang ari-arian nila
ay napakarami para manatili silang magkasama. Ang lupain
kung saan sila nanirahan ay hindi sila kayang itaguyod dahil
sa kanilang mga alagang hayop. 8 Kaya nga si Esau, na
tinatawag ding Edom, ay nanirahan sa bansang burol ng
Seir. 9 Ang sumusunod ay ang mga kaapu-apuhan ni Esau,
ang ninuno ng mga Edomita sa bansang burol ng Seir. 10
Ito ang mga pangalan ng mga lalaking anak ni Esau: Si

Elifaz na lalaking anak ni Ada, asawa ni Esau; Si Reuel
na lalaking anak ni Basemat, asawa ni Esau. 11 Ang mga
lalaking anak ni Elifaz ay sina Teman, Omar, Zefo, Galam, at
Kenaz. 12 Ipinanganak si Amalek ni Timna, na ibang asawa
ni Elifaz, na lalaking anak ni Esau. Ito ang mga lalaking apo
ni Ada, asawa ni Esau. 13 Ito ang mga lalaking anak ni
Reuel: Sina Nahat, Zera, Shammah, at Miza. Ito ang mga
lalaking apo ni Basemat, asawa ni Esau. 14 Ito ang mga
lalaking anak ni Aholibama, asawa ni Esau, na babaeng
anak ni Ana at babaeng apo ni Zibeon. Ipinanganak niya
para kay Esau sina Jeus, Jalam, at Korah. 15 Ito ang mga
angkan kasama sa mga kaapu-apuhan ni Esau: ang mga
kaapu-apuhan ni Elifaz, na panganay na anak ni Esau: sina
Teman, Omar, Zefo, Kenaz, 16 Korah, Gatam, at Amalek.
Ito ang mga angkang nanggaling kay Elifaz sa lupain ng
Edom. Mga apo sila ni Ada. 17 Ito ang mga angkang mula
kay Reuel, anak ni Esau: sina Nahat, Zera, Shammah, Miza.
Ito ang mga angkang mula kay Reuel sa lupain ng Edom.
Sila ang mga lalaking apo ni Basemat, asawa ni Esau. 18 Ito
ang mga angkan ni Aholibama, asawa ni Esau: sina Jeus,
Jalam, Kora. Ito ang mga angkang nagmula sa asawa ni
Esau na si Aholibama, babaeng anak ni Ana. 19 Ito ang
mga lalaking anak ni Esau, at ito ang kanilang mga angkan.
20 Ito ang mga lalaking anak ni Seir na Horeo, na mga
naninirahan sa lupain: sina Lotan, Sobal, Zibeon, Ana, 21
Dishon, Ezer, at Disan. Ito ay mga angkan ng mga Horeo,
na mga naninirahan sa Seir sa lupain ng Edom. 22 Ang mga
lalaking anak ni Lotan ay sina Hori at Heman, at si Timna
ang babaeng kapatid ni Lotan. 23 Ito ang mga lalaking anak
ni Sobal: sina Alvan, Manahat, Ebal, Zefo, at Onam. 24 Ito
ang mga lalaking anak ni Zibeon: si Aya at Ana. Ito ang Ana
na nakahanap sa mainit na bukal sa kagubatan, habang
nagpapastol siya ng mga asno ni Zibeon na kanyang ama.
25 Ito ang mga anak ni Ana: Sina Dishon at Aholibama,
na babaeng anak ni Ana. 26 Ito ang mga lalaking anak ni
Dishon: Sina Hemdan, Esban, Itran, at Keran. 27 Ito ang
mga lalaking anak ni Ezer: sina Bilhan, Zaavan, at Akan. 28
Ito ang mga lalaking anak ni Dishan: sina Uz at Aran. 29 Ito
ang mga angkan ng mga Horeo: ang Lotan, Shobal, Zibeon,
at Ana, 30 Dishon, Ezer, Dishan: ito ang mga angkan ng
mga Horeo, ayon sa kanilang mga talaan ng angkan sa
lupain ng Seir. 31 Ito ang mga hari na namahala sa lupain ng
Edom bago pa man mamahala ang sinumang hari sa mga
Israelita: 32 Si Bela na lalaking anak ni Beor, ay namahala
sa Edom, at ang pangalan ng kanyang siyudad ay Dinaba.
33 Nang mamatay si Bela, saka naman si Jobab lalaking
anak ni Zerah ng Bozra, ang namahala bilang kahalili niya.
34 Nang namatay si Jobab, si Husham na mula sa lupain
ng mga Temaneo ang nagharing kahalili niya. 35 Nang
mamatay si Husham, si Hadad na lalaking anak ni Bedad, na
tumalo sa mga Midianita sa lupain ng Moab, ang nagharing
kahalili niya. Ang pangalan ng kanyang siyudad ay Avit.
36 Nang namatay si Hadad, si Samla naman ng Masreka
ang nagharing kahalili niya. 37 Nang mamatay si Samla,
si Saul ng Rehobot na tagatabing-ilog ang naghari kahalili
niya. 38 Nang mamatay si Saul, si Baal Hanan naman na
lalaking anak ni Acbor ang nagharing kahalili niya. 39 Nang
si Baal Hanan na lalaking anak ni Acbor, ay mamatay, si
Hadar naman ang nagharing kahalili niya. Ang pangalan ng
kanyang siyudad ay Pau. Ang pangalan ng kanyang asawa
ay Mehetabel, babaeng anak ni Matred, na babaeng apo ni
Me Zahab. 40 Ito ang mga pangalan ng mga pinuno ng mga
angkang nagmula sa lahi ni Esau, ayon sa kanilang mga
angkan at kanilang mga rehiyon, sa kanilang mga pangalan:
sina Timna, Alva, Jetet, 41 Aholibama, Ela, Pinon, 42 Kenaz,
Teman, Mibzar, 43 Magdiel, at Iram. Ito ang mga pangulo ng
angkan ng Edom, ayon sa kanilang pamayanan sa lupaing
inagkin nila. Ito si Esau, ang ama ng mga Edomita.

**37** Nanirahan si Jacob sa lupain kung saan naroon ang
kanyang ama, sa lupain ng Canaan. 2 Ito ang mga
pangyayari tungkol kay Jacob. Nang labimpitong taong
gulang pa lang si Jose, nagbabantay siya ng kawan kasama
ang kanyang mga kapatid. Kasama niya ang mga anak na
lalaki ni Bilhah at mga anak na lalaki ni Zilpah, mga asawa
nang kanyang ama. Nagdala si Jose ng hindi kanais-nais
na balita tungkol sa kanila sa kanilang ama. 3 Minahal ni
Israel si Jose nang mas higit sa lahat ng kanyang anak na
lalaki dahil siya ang anak niya sa katandaan. Ginawan siya
nang isang magandang damit. 4 Nakita ng kanyang mga
kapatid ang pagmamahal ng kanilang ama na mas higit
kaysa sa lahat niyang kapatid na lalaki. Siya ay kinamuhian
nila at hindi nakikipag-usap nang maayos. 5 Nanaginip si
Jose ng isang panaginip, at sinabi niya sa kanyang mga
kapatid ang tungkol dito. Lalo pa nila siyang kinamuhia. 6
Sinabi niya sa kanila, “Pakiusap makinig kayo sa panaginip
na aking napanaginipan. 7 Masdan ninyo, itinatali natin
ang mga bigkis ng mga butil sa bukid at masdan ninyo,
tumayo ang aking bigkis at tumuwid, at masdan ninyo,
pumalibot ang inyong mga bigkis at yumuko sa aking bigkis.
8 Sinabi sa kanya ng kanyang mga kapatid, “Magiging hari
ka ba talaga namin? Mamumuno ka sa amin? “Lalo siyang
kinamuhian dahil sa kanyang mga panaginip at sa kanyang
mga salita. 9 Nanaginip siya ulit ng panaginip at sinabi
niya ito sa kanyang mga kapatid. Sinabi niya, “Tingnan
ninyo, nanaginip ako ng ibang panaginip: Ang araw at ang
buwan at labing-isang bituin ay yumuko pababa sa akin.”
10 Sinabi niya ito sa kanyang ama pati sa kanyang mga
kapatid, at pinagsabihan siya ng kanyang ama. Sinabi niya

sa kanya, “Ano itong panaginip na napaginipan mo? Talaga
bang lalapit ang iyong ina, ako at ang mga kapatid mo para
yumuko sa iyo sa lupa?” **11** Nainggit sa kanya ang kanyang
mga kapatid, pero ang kanyang ama ay itinago ang bagay
sa kanyang isip. **12** Umalis ang mga kapatid ni Jose upang
magpastol ng kawan ng kanilang ama sa Sechem. **13** Sinabi
ni Jacob kay Jose, “Hindi ba nagpapastol ng kawan ang
iyong mga kapatid sa Sechem? Halika, at ipapadala kita
sa kanila.” Sinabi ni Jose sa kanya, “Nakahanda ako.” **14**
Sinabi niya sa kanya, “Umalis ka na ngayon, tingnan mo
kung maayos ang mga kapatid mo at maayos ang mga
kawan, at balitaan mo ako.” Kaya pinadala siya ni Jacob
sa lambak ng Hebron, at nagpunta si Jose sa Sichem. **15**
May isang taong nakakita kay Jose. Masdan mo, si Jose ay
pagala-gala sa isang bukid. Tinanong siya ng isang lalaki,
“Ano ang hinahanap mo?” **16** Sinabi ni Jose, “Hinahanap
ko ang aking mga kapatid. Pakiusap, sabihin mo sa akin
kung saan nila nagpapastol ang kawan.” **17** Sinabi ng lalaki,
“Umalis na sila sa lugar na ito, narinig ko silang nagsabi na,
“Pumunta tayo sa Dotan. Pinuntahan ni Jose ang kanyang
mga kapatid at natagpuan sila sa Dotan. **18** Nakita nila si
Jose mula sa di kalayuan, at bago siya makalapit sa kanila,
nakapagplano na sila laban sa kanya para patayin siya. **19**
Sinabi ng kanyang mga kapatid sa bawat isa, “Tingnan niyo,
Papalapit na ang taong mapanaginipin. **20** Halikayo, kung
ganon, patayin na natin siya at ihulog siya sa isa sa mga
balon. Sabihin natin, 'Sinakmal siya ng isang mabangis na
hayop.' Tingnan natin kung anong mangyayari sa kanyang
mga panaginip.” **21** Narinig ito ni Reuben at iniligtas siya
mula sa kanilang kamay. Sinabi niya, “Huwag nating kunin
ang kanyang buhay.” **22** Sinabi ni Reuben sa kanila, “Huwag
magpadanak ng dugo. Itapon siya sa balong ito sa deserto,
ngunit huwag ninyo siyang hawakan”— upang mailigtas
niya siya sa kanilang kamay para maibalik siya sa kanyang
ama. **23** Nangyari na nang dumating si Jose sa kanyang
mga kapatid, hinubad sa kaniya ang magandang damit.
**24** Dinala siya at itinapon siya sa loob ng balon. Walang
laman ang balon ni wala itong tubig. **25** Umupo sila para
kumain ng tinapay. Tumingala sila at tumingin, at masdan,
may paparating na isang karawan ng mga Ismaelita mula
sa Gilead, kasama ang kanilang mga kamelyo na may
dala-dalang mga sahog at balsamo at mira. Naglalakbay
sila ay para dalhin ang mga iyon pababa sa Ehipto. **26**
Sabi ni Juda sa kanyang mga kapatid, “Anong pakinabang
nito kung papatayin ang ating kapatid at pagtakpan ang
kanyang dugo? **27** Halina kayo, at ipagbili natin siya sa mga
Ismaelita, at huwag natin siyang pagbuhatan ng kamay.
Dahil siya ay ating kapatid, ating laman. Pinakinggan siya ng
kanyang mga kapatid. **28** Dumaan ang mga mangangalakal
na Midianita. Inihaon si Jose ng kanyang mga kapatid at
iniakyat pataas mula sa balon. Ipinagbili nila si Jose sa mga
Ismaelita para sa dalawampung pirasong pilak. Dinala si
Jose ng mga Ismaelita sa Ehipto. **29** Bumalik si Reuben
sa balon, at masdan, wala na si Jose sa loob ng balon.
Pinunit niya ang kanyang damit. **30** Bumalik siya sa kanyang
mga kapatid at sinabi, “Nasaan na ang bata? At ako, saan
ako paparoon?” **31** Kumatay sila ang isang kambing at
pagkatapos kinuha nila ang damit ni Jose at sinawsaw ito
sa dugo. **32** Pagkatapos, dinala nila ito sa kanilang ama
at sinabi, “Nakita namin ito. Pakiusap tingnan mo kung ito
ang damit ng inyong anak o hindi?” **33** Nakilala ito ni Jacob
at sinabi, “Ito ay damit ng aking anak. Sinakmal siya ng
isang mabangis na hayop. Tiyak na nagkawasak-wasak
ang katawan ni Jose.” **34** Pinunit ni Jacob ang kanyang
mga damit at naglagay siya ng sako sa kanyang balakang.
Nagluksa siya para sa kanyang anak ng maraming araw.
**35** Ang lahat ng kanyang mga anak na lalaki at babae ay
pumunta para aliwin siya ngunit tumanggi siyang magpaaliw.
Sabi niya, “Talagang bababa ako sa sheol na nagluluksa
para sa aking anak.” Nanangis ang kanyang ama para
kanya. **(Sheol h7585)** **36** Ipinagbili siya ng mga Midianita sa
Ehipto kay Potipar, isang opisyal ni Paraon, na kapitan ng
bantay.

**38** Dumating ang panahon na iniwan ni Juda ang kanyang
mga kapatid na lalaki at tumira sa isang Adullamita, na
ang pangalan ay Hira. **2** Nakilala niya si Sua na anak ng
Cananeo na lalaki na ang pangalan ay Sua. Pinakasalan
niya at sinipingan niya. **3** Siya ay nabuntis at nagkaroon
ng anak na lalaki. Siya ay pinangalanan Er. **4** Nabuntis ulit
siya at nagkaroon ng isang anak na lalaki. Tinawag niya
siyang Onan. **5** Nagkaroon ulit siya ng isang anak at tinawag
siya sa pangalang Selah. Ito ay sa Kizib kung saan siya
ipinanganak. **6** Nakahanap si Juda ng isang asawa para
kay Er, panganay niya. Ang pangalan niya ay Tamar. **7** Ang
panganay niyang anak na si Er ay napakasama sa paningin
ni Yahweh. Pinatay siya ni Yahweh. **8** Sinabi ni Juda kay
Onan, “Sumiping ka kasama ng asawa ng iyong kapatid
na lalaki. Gawin mo ang tungkulin bilang isang kapatid na
lalaki, at palakihin mo ang isang bata para sa iyong kapatid.
**9** Alam na ni Onan na ang bata ay hindi kanya. Kapag
sumisiping siya kasama ng asawa ng kanyang kapatid na
lalaki, tinatapon niya sa lupa ang kanyang semilya upang
hindi siya magkaroon ng anak para sa kanyang kapatid na
lalaki. **10** Ang ginawa niya ay naging masama sa paningin
ni Yahweh. Pinatay din siya ni Yahweh. **11** Pagkatapos
sinabi ni Juda kay Tamar, na kanyang manugang, “Manatili
kang biyuda sa bahay ng iyong ama hanggang sa lumaki si
Selah na aking anak.” Dahil sa isip niya, “Baka mamatay din

siya katulad ng kanyang mga kapatid." Umalis si Tamar at
nanirahan sa bahay ng kanyang ama. **12** Pagkatapos ng
mahabang panahon, ang anak na babae ni Sua na asawa ni
Juda ay namatay. Si Juda ay naaliw at pumunta pataas sa
kanyang mga manggugupit ng balahibo ng tupa sa Timnat,
siya at ang kanyang kaibigan na si Hira na isang Adullamita.
**13** Nasabihan si Tamar, "Tingnan mo, ang iyong biyenan
na lalaki ay pupunta pataas sa Timnat upang gupitan ang
balahibo ng kanyang mga tupa." **14** Hinubad niya ang damit
sa pagkabalo at tinakpan ang kanyang sarili ng isang belo at
ibinalot ang sarili. Umupo siya sa tarangkahan ng Enaim,
sa tabi ng daan patungong Timnat. Dahil nakita niyang si
Selah ay lumaki na ngunit hindi siya binigay bilang asawa
niya. **15** Nang makita siya ni Juda naisip niya na siya ay
isang babaeng bayaran dahil tinakpan niya ang kanyang
mukha. **16** Pumunta siya sa kanya sa tabing daan at sinabi,
"Halika, pakiusap hayaan mo akong sumiping sa iyo."- Dahil
di niya alam na siya ang manugang niya- at sinabi niya,
"Anong ibibigay mo sa akin para sipingan kita?" **17** Sinabi
niya, "Papadalhan kita ng isang batang kambing na mula
sa kawan." Sinabi niya, "Maaari mo ba akong bigyan ng
isang sangla hanggang maipadala mo ito?" **18** Sinabi niya,
"Anong sangla ang maaari kong ibigay sa iyo?" At sinabi
niya, "Ang inyong selyo at kordon, at ang tungkod na nasa
iyong kamay." Ibinigay ito sa kanya at sinipingan siya. Siya
ay nabuntis sa pamamagitan niya. **19** Tumindig si Tamar
at umalis palayo. Inalis niya ang kanyang belo at isinuot
ang damit sa kanyang pagkabalo. **20** Ipinadala ni Juda
ang batang kambing mula sa kawan kasama ang kanyang
kaibigan na Adullamita para tanggapin ang sangla na mula
sa kamay ng babae, ngunit hindi na niya siya nakita. **21**
Pagkatapos nito ay tinanong ng Adullamita ang mga lalaki
sa lugar, "Nasaan na ang kultong babaeng bayaran na nasa
Enaim sa tabing daan? "Sinabi nila, wala namang kultong
babaeng bayaran dito." **22** Bumalik siya kay Juda at sinabi,
"Hindi ko siya nakita. Maging ang mga lalaki sa lugar ay
nagsabi, 'Walang naging kultong babaeng bayaran dito. **23**
Sinabi ni Juda, "Hayaan mong itago niya ang mga bagay,
baka malagay tayo sa kahihiyan. Totoo nga, ipinadala ko
ang batang kambing, ngunit hindi mo siya natagpuan." **24**
Dumating ang panahon, pagkalipas ng tatlong buwan na
sinabi kay Juda, "Ang iyong manugang na si Tamar ay naging
babaeng bayaran, at totoo nga, siya ay nabuntis sa dahil
doon." Sinabi ni Juda, "Siya'y ilabas upang sunugin." **25** Nang
siya ay dinala palabas, nagpadala siya ng mensahe para sa
kanyang biyenan na lalaki, "Dahil sa lalaking nagmamay-ari
nito nabuntis ako." Sabi niya, "Pakiusap alamin ninyo kung
kaninong selyo, mga kordon at tungkod ito." **26** Nakilala ni
Juda ang mga ito at sinabi, "Siya ay mas matuwid kaysa sa
akin, dahil hindi ko siya ibinigay bilang isang asawa kay
Selah, na aking anak na lalaki." Siya ay hindi na muling
sumiping sa kanya. **27** Nang siya ay manganganak na,
masdan, kambal ang nasa kanyang sinapupunan. **28** Nang
nanganganak na siya, may isang naglabas ng kamay, at
kinuha ng komadrona ang isang pulang sinulid at itinali ito
sa kanyang kamay at sinabi, "Ito ang unang lumabas." **29**
nang inurong niya ang kanyang kamay, at masdan, ang
kapatid niyang lalaki ay unang lumabas. Ang komandrona
ay nagsabi, "Paano ka nakalabas!" At pinangalanan siyang
Perez. **30** Pagkatapos ang kapatid niya ay lumabas, na
mayroong pulang sinulid sa kanyang kamay, at Zera ang
ipinangalan sa kanya.

**39** Dinala si Jose pababa sa Ehipto. Binili siya ni Potipar,
na isang opisyal at kapitan ng mga bantay ni Paraon
at isang taga-Ehipto, mula sa mga Ismaelita, na nagdala
sa kanya doon. **2** Si Yahweh ay kasama ni Jose at siya'y
naging mayamang tao. Nanirahan siya sa bahay ng kanyang
amo na taga-Ehipto. **3** Nakita ng kanyang amo na kasama
niya si Yahweh at lahat ng ginawa niya ay pinasagana
ni Yahweh. **4** Nakitaan si Jose ng pabor sa kanyang
paningin. Pinaglingkuran niya si Potipar. Ginawa ni Potipar
na tagapangasiwa si Jose ng kanyang bahay, at lahat
ng nasa kanya, nilagay niya lahat sa ilalim ng kanyang
pangangalaga. **5** Dumating ang panahon na ginawa siyang
tagapangasiwa ng kanyang bahay at sa lahat ng kanyang
pagmamay-ari, kaya pinagpala ni Yahweh ang buong bahay
ng taga-Ehipto dahil kay Jose. Ang pagpapala ni Yahweh ay
nasa lahat ng bagay na pagmamay-ari ni Potipar sa kanyang
bahay at sa kanyang bukid. **6** Inilagay ni Potipar ang lahat
ng nasa kanya sa ilalim ng pangangalaga ni Jose. Hindi na
niya kailangan mag-isip tungkol sa anumang bagay maliban
sa pagkain na kinakain niya. Ngayon si Jose ay matipuno at
kaakit-akit. **7** Dumating ang panahon na pinagnanasaan si
Jose ng asawa ng kanyang amo. Sinabi niya, "Sumiping
ka sa akin". **8** Ngunit tinanggihan niya ito at sabay sabi sa
asawa ng kanyang amo, "Tingnan mo, ang amo ko ay di-
nagbigay pansin sa kung ano ang pinaggagawa ko dito
sa bahay, at nilagay niya lahat ng kanyang pag-aari sa
ilalim ng aking pangangalaga. **9** Walang mas nakakataas sa
pamamahay na ito maliban sa akin. Wala siyang anumang
pinagkait sa akin maliban sa iyo, dahil ikaw ang asawa niya.
Paano ko kaya magagawa itong malaking kasamaan at
magkakasala laban sa Diyos?" **10** Kinausap niya si Jose sa
bawat araw, ngunit tumanggi pa rin siya na sipingan siya
o para makasama siya. **11** Dumating ang isang araw na
pumunta siya sa bahay para gawin ang kanyang gawain.
Walang sinuman sa mga lalaki sa bahay ang naroon sa
bahay. **12** Siya ay hinablot niya sa pamamagitan ng kanyang

damit at sinabi, “Sipingan mo ako.” Naiwanan niya ang
kanyang damit sa kanyang kamay, lumayo, at nagpunta
sa labas. 13 Dumating ang panahon, nang makita niya na
naiwanan ni Jose ang kanyang damit sa kanyang kamay at
lumayo palabas, 14 tinawag niya ang mga lalaki sa kanyang
bahay at sinabi sa kanila, “Tingnan ninyo, nagdala si Potipar
ng isang Hebreo para hamakin tayo. Pinuntahan niya ako
para sipingan ako, at ako ay sumigaw. 15 Dumating ang
panahon nang marinig niya akong sumigaw, naiwan niya
ang kanyang damit sa akin, lumayo, at pumunta sa labas.”
16 Tinabi niya ang damit hanggang sa makauwi ang kanyang
amo sa bahay. 17 Sinabi niya sa kanya ang paliwanag
na ito, “Ang lingkod na Hebreo na dinala mo sa amin ay
nagpunta sa akin para hamakin ako. 18 Nang sumigaw ako,
iniwan niya ang kanyang damit sa akin at lumayo palabas.”
19 Dumating ang panahon, nang marinig ng kanyang amo
ang pagpapaliwanag ng kanyang asawa sa kanya, “Ito ang
ginawa ng iyong lingkod sa akin,” siya ay naging labis na
galit. 20 Kinuha si Jose ng kanyang amo at siya ay nilagay
sa bilangguan, ang lugar na kung saan nakakulong ang mga
bilanggo ng hari. Siya ay naroon sa bilangguan. 21 Ngunit si
Yahweh ay kasama ni Jose at siya ay nagpakita katapatan
sa tipan sa kanya. Siya ay binigyan niya ng kagandahang-
loob sa paningin ng bantay ng kulungan. 22 Binigay ng
bantay ng kulangan sa kamay ni Jose ang pamamahala
sa lahat ng bilanggo sa kulungan. Kahit anong gawin nila
roon, si Jose ang namamahala. 23 Wala ng inaalalang
anuman ang bantay ng kulungan na nasa kamay ni Jose,
dahil si Yahweh ay kasama niya. Kahit anong gawin niya,
pinasagana siya ni Yahweh.

**40** Dumating ang panahon pagkatapos ng mga bagay
na ito, ang tagahawak ng saro at ang panadero ng
hari ng Ehipto ay nagkasala sa kanilang amo, na hari ng
Ehipto. 2 Galit si Paraon sa dalawa niyang mga opisyal, ang
punong tagahawak ng saro at ang punong panadero. 3 Sila
ay nilagay niya sa kulungan sa pangangasiwa ng kapitan ng
mga bantay, sa parehong kulungan kung saan nakabilanggo
si Jose. 4 Tinalaga ng kapitan ng mga bantay si Jose na
maging tagapaglingkod nila. Nananatili silang nakabilanggo
sa kaunting panahon. 5 Pareho silang nanaginip ng isang
panaginip—ang tagahawak ng saro at ang panadero ng hari
ng Ehipto na nakakulong sa bilangguan—bawat isa ay may
sariling panaginip sa parehong gabi, at bawat panaginip ay
mayroong sariling paliwanag. 6 Kinaumagahan, dumating
si Jose sa kanila at sila ay nakita niya. Masdan, sila ay
malungkot. 7 Tinanong niya ang mga opisyal ni Paraon na
kasama niya sa pagbabantay sa bahay ng kanyang amo,
nagsasabing, “Bakit kayo labis na malungkot ngayong araw
na ito?” 8 Sinabi nila sa kanya, “Pareho kaming nanaginip ng
isang panaginip at wala ni isa ang makapagpaliwanag nito.”
Sinabi ni Jose sa kanila, “Hindi ba ang mga pagpapaliwanag
ay nabibilang sa Diyos? Pakiusap, sabihin niyo sa akin.” 9
Sinabi ng punong tagahawak ng saro kay Jose ang kanyang
panaginip. Sinabi niya sa kanya, “Sa aking panaginip, narito,
isang puno ng ubas ay nasa harapan ko. 10 Sa puno ng
ubas ay may tatlong mga sanga. Habang ito ay sumisibol,
ang mga bulaklak nito ay lumabas at ang mga buwig ng
ubas ay nahinog. 11 Nasa kamay ko ang saro ni Paraon.
Kinuha ko ang mga ubas at piniga ko ito sa saro ni Paraon,
at nilagay ko ang saro sa kamay ni Paraon.” 12 Sinabi ni
Jose sa kanya, “Ito ang paliwanag nito. Ang tatlong mga
sanga ay tatlong mga araw. 13 Sa loob ng tatlong mga araw,
itataas ni Paraon ang iyong ulo at ibabalik ka niya sa iyong
katungkulan. Ilalagay mo ang saro ni Paraon sa kanyang
kamay, katulad noong ikaw pa ang kanyang tagahawak ng
saro. 14 Ngunit isipin mo ako kung ikaw ay mapabuti na, at
pakiusap pakitaan mo ako ng kagandahang loob. Banggitin
mo ako kay Paraon at palabasin ako sa bilangguang ito. 15
Dahil ang totoo ako ay inagaw palabas sa lupain ng mga
Hebreo. Dito naman ay wala akong ginawa para ilagay
nila ako sa bartolinang ito.” 16 Nang makita ng punong
panadero na ang paliwanag ay kaaya-aya, sinabi niya kay
Jose, “Nagkaroon din ako ng panaginip at narito, tatlong mga
sisidlan ng tinapay ang nasa aking ulo. 17 Ang nasa taas
na sisidlan ay lahat ng mga uri ng mga pagkain na naluto
para kay Paraon, ngunit kinain ito ng mga ibon palabas ng
sisidlan na nasa aking ulo.” 18 Sumagot si Jose at sinabi,
“Ito ang paliwanag. Ang tatlong mga basket ay tatlong mga
araw. 19 Sa loob ng tatlong mga araw ay itataas ni Paraon
ang iyong ulo at bibitayin ka sa puno. Kakainin ng mga ibon
ang iyong laman.” 20 Dumating ang panahon sa ikatlong
araw ay ang kaarawan ni Paraon. Gumawa siya ng salu-salo
para sa lahat ng kanyang mga lingkod. Siya ay nagbigay
ng natatanging pansin sa punong tagahawak ng saro at
sa punong panadero, na mas higit sa lahat ng iba niyang
mga lingkod. 21 Binalik niya ang punong tagahawak ng saro
sa kanyang pananagutan, at muli niyang nilagay ang saro
sa kamay ni Paraon. 22 Ngunit binitay niya ang punong
panadero gaya ng paliwanag ni Jose sa kanila. 23 Ganoon
pa man ay hindi naalala ng punong tagahawak ng saro na
tulungan si Jose. Sa halip, kinalimutan niya ang tungkol sa
kanya.

**41** Nangyari na pagkatapos ng dalawang buong taon, na
nagkaroon si Paraon ng panaginip. Masdan, nakatayo
siya sa tabi ng Ilog Nilo. 2 Masdan, may pitong bakang
kanais-nais at matataba ang umahon mula sa Nilo, at
nanginain sila sa mga tambo. 3 Masdan, may pitong iba
pang mga bakang hindi kanais-nais at payat ang umahon

kasunod nila sa Nilo. Tumayo sila katabi ng ibang mga
baka sa pampang ng ilog. **4** Pagkatapos, kinain ng pitong
hindi kanais-nais at payat na baka ang pitong kanais-nais
at matabang baka. Pagkatapos, nagising si Paraon. **5**
Natulog siya at nanaginip sa pangalawang pagkakataon.
Masdan, pitong uhay ng butil ang tumubo sa isang tangkay,
malulusog at mabubuti. **6** Masdan, pitong uhay, payat at
nilanta ng silangang hangin ang umusbong kasunod nila.
**7** Nilunok ng mga payat na uhay ang pitong malulusog
at buong uhay. Gumising si Paraon at masdan, iyon ay
panaginip. **8** Kinaumagahan ay nabagabag ang kaniyang
espiritu. Pinapunta niya at pinatawag ang lahat ng mga
salamangkero at mga pantas ng Ehipto. Sinabi sa kanila ni
Paraon ng kaniyang mga panaginip, pero walang ni isa ang
makapagpaliwanag ng mga iyon kay Paraon. **9** Pagkatapos
sinabi ng punong tagahawak ng saro kay Paraon, "Ngayon
naiisip ko ang aking mga pagkukulang. **10** Nagalit si Paraon
sa kaniyang mga lingkod, at inilagay ako sa pangangalaga
sa bahay ng kapitan ng mga bantay, ang punong panadero at
ako. **11** Nanaginip kami ng isang panaginip sa parehong gabi,
siya at ako. Nanaginip kami bawat tao ayon sa paliwanag
ng kaniyang panaginip. **12** Doon kasama namin ang isang
binatang Hebreo, na isang lingkod ng kapitan ng mga bantay.
Sinabi namin sa kaniya at pinaliwanag niya sa amin ang
aming mga panaginip. Ipinaliwanag niya sa bawat isa sa
amin na ayon sa aming panaginip. **13** Nangyari na kung
ano ang ipinaliwanag niya sa amin, iyon ang nangyari.
Binalik ako ni Paraon sa aking tungkulin, pero ang isa ay
kaniyang binitay." **14** Pagkatapos pinadala at pinatawag ni
Paraon si Jose. Mabilis nila siyang inilabas mula sa piitan.
Inahitan niya ang kaniyang sarili, pinalitan ang kaniyang
damit, at pumunta kay Paraon. **15** Sinabi ni Paraon kay Jose,
"Mayroon akong panaginip pero walang tagapagpaliwanag
nito. Pero narinig ko ang tungkol sa iyo, na kapag makarinig
ka ng panaginip ay maipapaliwanag mo ito." **16** Sinagot ni
Jose si Paraon, sinabing, "Hindi ito nasa akin. Ang Diyos
ang sasagot kay Paraon na may kagandahang loob." **17**
Nagsalita si Paraon kay Jose, "Sa panaginip ko, masdan,
nakatayo ako sa pampang ng Nilo. **18** Masdan, pitong
mga bakang matataba at kanais-nais ang umahon mula sa
Nilo at nanginain sila sa mga tambo. **19** Masdan, pitong
ibang mga bakang mahihina, hindi kanais-nais at payat ang
umahon kasunod nila. Hindi kailanman ako nakakita sa
buong lupain ng Ehipto ng ganoong pagka hindi kanais-nais
na katulad nila. **20** Kinain ng payat at hindi kanais-nais na
mga baka ang unang pitong matatabang mga baka. **21** Nang
matapos nilang kainin ang mga ito, hindi malalamang sila
ay kinain nila, dahil sa sila ay nanatiling hindi kanais-nais
tulad ng dati. Pagkatapos nagising ako. **22** Tumingin ako
sa aking panaginip at masdan, pitong uhay ang umusbong
sa isang tangkay, puno at mabubuti. **23** Masdan, pito pang
mga uhay, lanta, payat at nilanta ng silangang hangin,
ang umusbong kasunod nila. **24** Nilunok ng mga payat na
uhay ang pitong mabubuting uhay. Sinabi ko itong mga
panaginip na ito sa mga salamangkero, pero walang ni isa
ang makapagpaliwanag nito sa akin." **25** Sinabi ni Jose
kay Paraon, "Ang mga panaginip ni Paraon ay magkatulad.
Kung ano ang gagawin ng Diyos, ipinahayag na niya kay
Paraon. **26** Ang pitong mga mabubuting baka ay pitong taon
at ang pitong mga mabubuting uhay ay pitong taon. Ang
mga panaginip ay magkatulad. **27** At ang pitong payat at
hindi kanais-nais na mga baka na umahon kasunod nila ay
pitong taon, at saka ang pitong payat na uhay na nilanta ng
silangang hangin ay magiging pitong taon ng taggutom. **28**
Iyon ang bagay na sinabi ko kay Paraon. Kung ano ang
gagawin ng Diyos ipinakita na niya kay Paraon. **29** Tingnan
mo, pitong taon ng dakilang kasaganahan ang darating
sa buong lupain ng Ehipto. **30** Pitong taon ng taggutom
ay darating pagkatapos nila at lahat ng kasaganahan ay
makakalimutan sa lupain ng Ehipto at ang taggutom ay
wawasak sa lupain. **31** Ang kasaganahan ay hindi na
maaalala sa lupain dahil sa taggutom na susunod, dahil
ito ay magiging napakalala. **32** Ang panaginip ay inulit kay
Paraon sa kadahilanang ang mga bagay ay itinatag na
ng Diyos at hindi magtatagal ay gagawin ito ng Diyos. **33**
Ngayon hayaang maghanap si Paraon ng taong marunong
at matalino, at ilagay siya sa pamamahala sa lupain ng
Ehipto. **34** Hayaan si Paraon na gawin ito: hayaan siyang
humirang ng mga tagapangasiwa sa lupain. Hayaan silang
kumuha ng ikalima sa mga pananim ng Ehipto sa pitong
saganang taon. **35** Hayaan silang tipunin lahat ng pagkain
ng mga paparating na mabubuting taon. Hayaan silang mag-
imbak ng mga butil sa ilalim ng kapangyarihan ni Paraon
para sa pagkain sa mga siyudad. Hayaan silang bantayan
ito. **36** Ang pagkain ay magiging panustos sa lupain para
sa pitong taong taggutom na mangyayari sa lupain ng
Ehipto. Sa ganitong paran ang lupain ay hindi mawawasak
dahil sa taggutom." **37** Ang payong ito ay mabuti sa mga
mata ni Paraon at sa mga mata ng lahat ng kaniyang mga
lingkod. **38** Sinabi ni Paraon sa kaniyang mga lingkod,
"Makakasumpong kaya tayo ng ganitong tao, na kinakasihan
ng Espiritu ng Diyos?" **39** Kaya sinabi ni Paraon kay Jose,
"Dahil pinakita ng Diyos ang lahat ng ito sa iyo, wala ng
ibang marunong at matalinong tulad mo. **40** Mangingibabaw
ka sa aking bahay at ayon sa salita mo pamamahalaan
ang lahat ng tauhan ko. Tanging sa trono lamang ako ay
magiging higit na mataas kaysa sa iyo. **41** Sinabi ni Paraon
kay Jose, "Tingnan mo, inilagay kita sa itaas ng buong lupain

ng Ehipto." **42** Tinanggal ni Paraon ang kaniyang singsing
na pantatak mula sa kaniyang kamay at nilagay niya ito sa
kamay ni Jose. Binihisan niya siya ng mga damit na pinong
lino at nilagyan ng gintong kuwintas sa kaniyang leeg. **43**
Pinasakay niya siya sa ikalawang karo na pag-aari niya.
Sumigaw ang mga lalaki sa harapan niya, "Ibaluktot ang
tuhod." Nilagay siya ni Paraon sa itaas ng lupain ng Ehipto.
**44** Sinabi ni Paraon kay Jose, "Ako si Paraon at maliban sa
iyo, walang taong magtataas ng kaniyang kamay o kaniyang
paa sa lahat ng lupain ng Ehipto." **45** Tinawag ni Paraon
ang pangalan ni Jose na "Zafenat-panea." Binigay niya si
Asenat, ang anak na babae ni Potifera na pari ng On, para
maging asawa. Ang kapangyarihan ni Jose ay nasa itaas ng
buong Ehipto. **46** Si Jose ay tatlumpung taong gulang nang
tumayo siya sa harap ni Paraon, hari ng Ehipto. Lumabas si
Jose mula sa presensya ni Paraon at pumunta sa buong
lupain ng Ehipto. **47** Sa pitong mabiyayang taon ang lupain
ay nagbunga nang masagana. **48** Tinipon niya lahat ng
pagkaing nasa lupain ng Ehipto ng pitong taon at inilagay
ang pagkain sa mga siyudad. Inilagay niya sa bawat siyudad
ang pagkain galing sa mga bukid na nakapaligid dito. **49**
Inimbak ni Jose ang mga butil na parang buhangin ng dagat,
na sa kalabisan ay tumigil na siya sa pagbilang dahil ito ay
hindi mabilang. **50** May dalawang anak na lalaki si Jose
bago dumating ang mga taon ng taggutom, na isinilang
para sa kaniya ni Asenat, ang anak na babae ni Potifera na
pari ng On. **51** Tinawag ni Jose ang pangalan ng kaniyang
panganay na Manases, at sinabi niya, "Ginawa ng Diyos
na makalimutan ko ang lahat ng aking mga bagabag at
lahat ng sambahayan ng aking ama." **52** Tinawag niya ang
pangalan ng kaniyang pangalawang anak na Efraim, dahil
sinabi niya, "Ginawa akong mabunga ng Diyos sa lupain
ng aking dalamhati." **53** Ang pitong saganang mga taon na
nasa lupain ng Ehipto ay natapos na. **54** Ang pitong taon ng
taggutom ay nagsimula, ayon sa nasabi ni Jose. Mayroong
taggutom sa lahat ng mga lupain, pero sa lahat ng lupain ng
Ehipto ay mayroong pagkain. **55** Nang ang buong lupain
ng Ehipto ay gutom na gutom na, tumawag ng malakas
ang mga tao kay Paraon para sa pagkain. Sinabi ni Paraon
sa lahat ng mga taga Ehipto, "Pumunta kayo kay Jose at
gawin ang anumang sabihin niya." **56** Ang taggutom ay nasa
buong lupain. Binuksan ni Jose ang lahat ng mga kamalig at
nagbenta sa mga taga-Ehipto. Ang taggutom ay napakatindi
sa lupain ng Ehipto. **57** Ang buong mundo ay pumupunta sa
Ehipto upang bumili ng butil kay Jose dahil ang taggutom ay
matindi sa buong mundo.

**42** Ngayon, napagalaman ni Jacob na may butil sa Ehipto.
Sinabi niya sa kanyang mga anak na lalaki, "Bakit kayo
nakatingin sa isa't isa?" **2** Sinabi niya, "Tingnan niyo ito,
narinig kong mayroong butil sa Ehipto. Bumaba kayo doon
at bumili para sa atin mula doon para tayo ay mabuhay at
hindi mamatay." **3** Ang sampung lalaking kapatid ni Jose
ay bumaba para bumili ng butil mula sa Ehipto. **4** Ngunit
si Benjamin, na kapatid ni Jose, ay hindi ipinasama ni
Jacob sa kaniyang mga lalaking kapatid, dahil sinabi niya,
"Baka may kapahamakang maaaring mangyari sa kanya." **5**
Ang mga lalaking anak ni Israel ay dumating para bumili
kasama ng mga dumating, dahil ang taggutom ay nasa
lupain ng Canaan. **6** Ngayon si Jose ang gobernador sa
buong lupain. Siya ang nagbebenta sa lahat ng tao sa lupain.
Dumating ang mga lalaking kapatid ni Jose at nagpatirapa
sila sa kanyang harapan. **7** Nakita ni Jose ang kanyang
mga lalaking kapatid at nakilala niya ang mga ito, ngunit
nagpanggap siya sa kanila at nagsalita ng marahas sa
kanila. Sinabi niya sa kanila, "Saan kayo nanggaling?" Sinabi
nila, "Mula po sa lupain ng Canaan para bumili ng pagkain."
**8** Nakilala ni Jose ang kanyang mga lalaking kapatid ngunit
siya ay hindi nila nakilala. **9** Naalala ni Jose ang mga naging
panaginip niya patungkol sa kanila. Sinabi niya sa kanila,
"Kayo ay mga ispiya. Dumayo kayo para tingnan ang mga
bahagi ng lupain na hindi nababantayan." **10** Sinabi nila sa
kanya, "Hindi po, aking panginoon. Ang inyong mga lingkod
ay dumating para bumili ng pagkain. **11** Kaming lahat ay
mga lalaking anak ng iisang tao. Kami ay tapat na mga
lalaki. Ang mga lingkod po ninyo ay hindi mga ispiya." **12**
Sinabi niya sa kanila, "Hindi, kayo ay dumating para tingnan
ang mga hindi nababantayang mga bahagi ng lupain. **13**
Sinabi nila, "Kami na iyong mga lingkod ay labindalawang
magkakapatid na lalaki, mga anak ng isang tao sa lupain
ng Canaan. Makikita ninyo, ang bunso ngayong araw ay
kapiling ng aming ama, at isang kapatid na lalaki ay hindi na
nabubuhay." **14** Sinabi ni Jose sa kanila. "Iyon na nga ang
sinasabi ko sa inyo; kayo'y mga ispiya. **15** Sa pamamagitan
nito kayo ay masusubok. Sa pamamagitan ng buhay ni
Paraon, hindi kayo aalis dito, maliban na lang kung pupunta
rito ang bunso ninyong kapatid na lalaki **16** Ipadala ninyo
ang isa sa inyo at hayaan ninyong kunin niya ang inyong
kapatid. Mananatili kayo sa kulungan, upang masubukan
ang inyong mga salita, kung mayroon bang katotohanan
sa inyo, o sa buhay ni Paraon tiyak na mga ispiya kayo."
**17** Silang lahat ay isinailalim niya sa pagkakabilanggo sa
loob ng tatlong araw. **18** Sinabi sa kanila ni Jose sa ikatlong
araw. "Gawin ninyo ito at mabuhay, dahil takot ako sa Diyos.
**19** Kung kayo ay mga lalaking tapat, hayaan ang isa sa
inyong mga lalaking kapatid na makulong sa bilangguang
ito, ngunit pumunta kayo, magdala kayo ng butil para sa
taggutom ng inyong mga tahanan. **20** Dalhin ninyo ang
inyong bunsong kapatid na lalaki sa akin para ang inyong

salita ay mapatunayan at hindi kayo mamamatay.” Kaya
ginawa nga nila ito. **21** Sinabi nila sa isa't-isa, “Tayo ay tunay
na nagkasala tungkol sa ating lalaking kapatid dahil nakita
natin ang paghihinagpis ng kanyang kaluluwa nang siya ay
magmakaawa sa atin at hindi tayo nakinig. Dahil doon ang
kabalisahan ay dinaranas natin.” **22** Sinagot sila ni Reuben,
“Hindi ba sinabi ko sa inyo, 'Huwag magkasala laban sa
bata,' ngunit hindi kayo nakinig? Tingnan ninyo ngayon, ang
kanyang dugo ay hinihingi sa atin.” **23** Hindi nila alam na
naiintindihan sila ni Jose, dahil may isang tagapagsalin na
namamagitan sa kanila. **24** Siya ay tumalikod sa kanila at
nanangis. Bumalik siya at nagsalita sa kanila. Kinuha niya si
Simeon mula sa piling nila at iginapos siya habang sila ay
nakatingin. **25** Pagkatapos ay inutusan ni Jose ang kanyang
mga lingkod na punuin ng butil ang mga bayong ng kaniyang
mga kapatid, at ilagay ang pera ng bawat lalaki pabalik sa
kanilang mga sako, at bigyan sila ng mga kakailanganin para
sa paglalakbay. Ginawa ito para sa kanila. **26** Pinasanan ng
mga magkakapatid ng butil ang kanilang mga asno at sila'y
umalis na roon. **27** Habang ang isa sa kanila ay nagbubukas
ng kanyang sako para ipakain sa kanyang asno sa isang
lugar-panuluyan, nakita niya ang kanyang pera. At narito,
nasa bukana ito ng kanyang sako. **28** Sinabi niya sa kanyang
mga lalaking kapatid, “Ang aking salapi ay naibalik sa akin.
Tingnan ninyo itong nasa aking sako.” At ang kanilang mga
puso ay nangabagabag at ang lahat ay nanginig. Sinabi nila,
“Ano itong ginawa sa atin ng Diyos?” **29** Pumunta sila kay
Jacob, na kanilang ama sa lupain ng Canaan at sinabi nila
ang lahat ng nangyari sa kanila. Sinabi nila, **30** “Ang lalaking
panginoon ng lupain ay marahas na nagsalita sa amin at
inisip niyang kami ay mga tiktik sa lupain. **31** Sinabi namin
sa kanya, 'Kami po ay mga lalaking tapat. Hindi po kami
mga tikitk. **32** Kami po ay labindalawang magkakapatid,
mga lalaking anak ng aming ama. Ang isa ay hindi na po
nabubuhay, at ang bunso ay kapiling ng aming ama ngayong
araw sa lupain ng Canaan.' **33** Sinabi sa amin ng lalaking
panginoon ng lupain, 'Sa pamamagitan nito malalaman ko
na kayo ay mga lalaking tapat. Iwan ninyo sa akin ang isa
sa inyong kapatid na lalaki, kumuha kayo ng butil para sa
tag-gutom sa inyong mga tahanan, at humayo na kayo sa
inyong daan. **34** Dalhin ninyo ang inyong bunsong kapatid
sa akin. Pagkatapos nito ay malalaman ko na hindi nga
kayo mga tiktik, ngunit mga taong tapat. Pagkatapos ay
papalayain ko ang inyong lalaking kapatid, at maaari na
kayong mangalakal sa lupain.” **35** Dumating ang panahon
habang inaalis nila ang laman ng kanilang mga sako, at
narito nga, ang mga lalagyan ng pilak ng bawat isa ay nasa
kanilang sako. Nang makita nila at ng kanilang ama ang
mga lalagyan ng pilak, sila ay natakot. **36** Sinabi sa kanila ni
Jacob na kanilang ama sa, “Inialis ninyo sa akin ang aking
mga anak. Hindi na nabubuhay si Jose, si Simeon ay wala
na, at kukunin pa ninyo si Benjamin palayo. Lahat ng ito ay
laban sa akin.” **37** Si Reuben ay nagsalita sa kanyang ama,
na nagsasabing. “Maaari mong patayin ang dalawa kong
anak kung hindi ko maibalik sa iyo si Benjamin. Ilagay mo
siya sa aking mga kamay, at muli ko siyang dadalhin sa iyo.”
**38** Sinabi ni Jacob, “Ang aking anak ay hindi pupunta pababa
kasama ninyo. Dahil ang kanyang kapatid na lalaki ay patay
na at siya na lamang ang mag-isang naiwan. Kapag may
kapahamakang nangyari sa kanya sa daan kung saan kayo
pupunta, tuluyan mo nang ibababa ang pagka-abo ng aking
buhok kasama ng kalungkutan sa sheol.” **(Sheol h7585)**

**43** Matindi na ang taggutom sa lupain. **2** Dumating ang
panahon nang maubos na nilang kainin ang butil na
kinuha nila mula sa Ehipto, sinabi ng kanilang ama, “Humayo
kayong muli at bumili ng pagkain natin. **3** Sinabi sa kanya
ni Juda “Mahigpit kaming binalaan ng lalaki, 'Hindi ninyo
makikita ang aking mukha maliban na lamang kung kasama
ninyo ang iyong kapatid. **4** Kung hahayaan mong isama
namin ang aming kapatid, bababa kami at bibili ng pagkain
para sa iyo. **5** Ngunit kung hindi mo siya ipapasama, hindi
kami bababa. Dahil sinabi ng lalaki sa amin, “Hindi ninyo
makikita ang aking mukha maliban na lamang kung kasama
ninyo ang inyong kapatid. **6** Sinabi ni Israel, “Bakit mo ako
pinakikitunguhan ng masama sa pamamagitan ng pagsasabi
sa taong iyon na meron pa kayong isang kapatid?” **7** Sinabi
nila, “Nagtanong ang lalaki ng mga bagay tungkol sa amin at
sa ating pamilya. Sinabi niya, 'Buhay pa ba ang iyong ama?
Mayroon pa ba kayong ibang kapatid?' Sinagot namin siya
ayon sa mga tanong na ito. Paano namin malalaman na
sasabihin niyang, “Dalhin mo dito ang iyong kapatid?” **8**
Sinabi ni Judah sa kanyang ama, “Ipadala mo ang batang
lalaki sa amin. Tatayo kami at aalis upang mabuhay kami at
hindi mamatay, kapwa kami, ikaw, at ang aming mga anak.
**9** Ako ang mananagot sa kanya. Ako ang pananagutin mo.
Kung hindi ko siya maibabalik sa iyo at maihaharap sa iyo
hayaan mong ako ang masisi habang buhay. **10** Kung hindi
kami maaantala, sigurado ngayon nakabalik na kami dito
nang pangalawang beses”. **11** Sinabi ng kanilang ama na
si Israel, “Kung ganoon, gawin ninyo ito ngayon. Kumuha
kayo ng mga pinaka magandang produkto sa ating lupain
sa inyong mga sisidlan. Magdala kayo ng regalo sa taong
iyon: tulad ng balsamo at pulot-pukyutan, pabango at mirra,
pili at almendra. **12** Doblehin ninyo ang perang dala ninyo.
Ang perang naisuli mula sa pagbukas ng inyong mga sako,
dalhin ninyo ulit sa inyong mga kamay. Baka isa lang itong
pagkakamali. **13** Dalhin rin ang inyong kapatid na lalaki.
Tumayo at pumunta kayo ulit sa taong iyon. **14** Nawa'y

kaawaan kayo ng Makapangyarihang Diyos sa harap ng
taong iyon, upang palayain niya sa inyo ang iba niyong
mga kapatid at si Benjamin. Kung ako'y nagdadalamhati
sa aking mga anak, ako'y nagdadalamhati. **15** At dinala
ng mga lalaki ang regalong iyon. Kumuha sila ng dobleng
salapi sa kanilang mga kamay at si Benjamin. Tumayo
sila, pumunta pababa sa Ehipto, at tumayo sa harapan ni
Jose. **16** Nang makita ni Jose na kasama nila si Benjamin,
sinabi niya sa katiwala ng kanyang bahay, “Dalhin mo ang
mga lalaki sa bahay, kumatay kayo ng hayop at ihanda
ito, dahil ang mga lalaki ay kakain kasama ko ngayong
tanghalian. **17** Ginawa ng katiwala ang sinabi ni Jose. Dinala
niya ang mga lalaki sa bahay ni Jose. **18** Natakot ang mga
lalaki dahil sila ay dinala sa bahay ni Jose. Sinabi nila, “Ito
ay dahil sa perang isinauli sa aming mga sako sa unang
pagkakataon na pumunta kami dito, para makahanap siya
ng pagkakataon laban sa amin. Maaari niya kaming hulihin
at gawin lipin, at kunin ang aming mga asno. **19** Nilapitan
nila ang katiwala ng bahay ni Jose, at siya ay kinausap
nila sa may pintuan ng bahay, **20** sinabing, “Aking amo,
noong unang pagkakataon na pumunta kami dito ay para
bumili ng pagkain. **21** Nangyari na, nang makarating na
kami sa lugar kung saan kami ay pansamantalang nakatira,
na binuksan namin ang aming mga sako, at, tingnan, ang
bawat pera ng tao ay nandoon sa bukasan ng kanilang sako,
ang aming pera na sakto ang halaga. Ibinalik namin ito sa
aming mga kamay. **22** Ang ibang pera ay dinala rin namin
sa aming kamay para bumili ng pagkain. Hindi namin alam
kung sino ang naglagay ng pera sa aming mga sako.” **23**
Sinabi ng katiwala, “Ang kapayapaan ay sumainyo, huwag
kayong matakot. Ang inyong Diyos at ang Diyos ng inyong
ama ang maaaring naglagay ng pera sa inyong mga sako.
Natanggap ang iyong pera.” Inilabas naman ng katiwala
si Simeon sa kanila. **24** Dinala ng katiwala ang mga lalaki
sa bahay ni Jose. Binigyan niya ito ng tubig, at hinugasan
nila ang kanilang mga paa. Binigyan niya ng mga pagkain
ang kanilang mga asno. **25** Inihanda nila ang mga regalo sa
pagdating ni Jose sa tanghali, sapagkat narinig nila na sila
ay kakain doon. **26** Nang dumating si Jose sa bahay, dinala
nila ang mga regalo na nasa kamay nila doon sa bahay, at
sila'y yumuko sa harapan niya sa sahig. **27** Tinanong niya
sila tungkol sa kanilang kalagayan at nagsabing, “Mabuti
ba ang kalagayan ng inyong ama, ang matanda na inyong
binabanggit? Buhay pa ba siya?” **28** Sila ay nagsalita, “Ang
iyong lingkod ang aming ama ay mabuti naman. Siya ay
buhay pa.” Sila ay dumapa at yumuko. **29** Itinuon niya
ang kanyang mga mata pataas at nakita si Benjamin ang
kanyang kapatid na lalaki, ang anak ng kanyang ina, na
nagsasabing, “Ito ba ang sinasabi mong nakababatang
kapatid mo na iyong binabanggit sa akin? Sinabi niya,
“Ang Diyos ay maging maawain sa iyo, aking anak”. **30**
Nagmamadali si Jose na lumabas sa loob, dahil labis siyang
naantig tungkol sa kanyang kapatid na lalaki. Naghanap siya
ng lugar upang iyakan. Pumunta siya sa kanyang silid at
doon umiyak. **31** Naghilamos siya at lumabas. Pinigilan niya
ang kanyang sarili, na nagsasabing “Ihain na ang pagkain”.
**32** Pinagsilbihan ng mga lingkod si Jose na siya lang at ang
kanyang mga kapatid na lalaki na sila lang. Ang mga taga-
Ehipto ay kumain doon kasama niya ng sila-sila lang dahil
ang taga-Ehipto ay hindi kumakain ng tinapay kasama ng
mga Hebreo, dahil ito ay hindi katanggap-tanggap sa mga
taga-Ehipto. **33** Ang mga kapatid niya ay umupo sa tapat
niya, ang panganay ayon sa kanyang karapatan, at ang
pinaka bata ayon sa kanyang pagkabata. Ang mga lalaki ay
sama-samang namangha. **34** Nagpadala si Jose ng mga
parte sa kanila mula sa pagkain na nasa harapan niya. Pero
ang parte ng kay Benjamin ay limang beses ang dami kaysa
sa kanyang mga kapatid. Sila'y nag inuman at nagpakasaya
na kasama niya.

**44** Inatasan ni Jose ang katiwala ng kanyang bahay,
sinabing, “Punuin mo ang sako ng mga lalaki ng
pagkain, hangga't sa makakaya nilang buhatin, at ilagay
ang bawat pera ng lalaki sa ibabaw ng kanyang sako. **2**
Ilagay ang aking baso, ang pilak na baso, sa ibabaw ng
sako ng bunso, at ganoon din ang kanyang pera para
sa butil.” Ginawa ng katiwala ang sinabi ni Jose. **3** Nang
nagbubukang-liwayway na, at ang mga lalaki ay pinaalis na,
sila at ang kanilang mga asno. **4** Nang sila ay nakalabas
sa lungsod subalit hindi pa nakakalayo, sinabi ni Jose sa
kanyang katiwala, “Tumayo ka, sundan mo ang mga lalaki,
at kung maabutan mo sila, sabihin mo sa kanila, 'Bakit
ninyo sinuklian ng kasamaan ang kabutihan? **5** Hindi ba ito
ang baso mula sa iniinuman ng aking amo, at ang baso
na ginagamit niya para sa kanyang panghuhula? Gumawa
kayo ng masama, ang bagay na ito na inyong ginawa.”' **6**
Naabutan sila ng katiwala at sinabi ang mga salitang ito sa
kanila. **7** Sinabi nila sa kanya, “Bakit po sinasabi ng aking
amo ang ganitong mga salita? Malayong gawin ng inyong
mga lingkod ang bagay na iyan. **8** Tingnan ninyo, ang pera
na nakita sa aming mga sako, ay muli naming dinala sa
inyo sa labas ng lupain ng Canaan. Paano naman namin
nanakawin mula sa tahanan ng inyong amo ang pilak o
ginto? **9** Kung sinuman sa inyong lingkod ang makitaan,
hayaan mo siyang mamatay, at kami rin ay magiging mga
alipin ng aming amo.” **10** Sinabi ng katiwala, “Ngayon rin
hayaang magkaganoon ayon sa iyong mga salita. Siya na
mahanapan ng baso ay magiging alipin ko, at ang iyong
mga kapatid ay mapapawalangsala.” **11** At nagmamadali

ang bawat lalaki at dinala ang kanilang sako pababa sa
lupa, at binuksan ng bawat lalaki ang kanilang mga sako. 12
Naghanap ang katiwala. Nagsimula siya sa pinaka-panganay
at natapos sa bunso, at nahanap ang baso sa sako ni
Benjamin. 13 Pagkatapos pinunit nila ang kanilang mga
damit. Nilagay ng bawat lalaki ang kanilang asno at bumalik
sa lungsod. 14 Si Juda at ang kanyang mga kapatid ay
pumunta sa tahanan ni Jose. Siya ay nanatili pa roon, at
sila'y yumuko sa lupa sa harapan nito. 15 Sinabi ni Jose
sa kanila, “Ano itong ginagawa ninyo? Hindi ba ninyo alam
na ang lalaking tulad ko ay bihasa sa panghuhula?” 16
Sinabi ni Juda, “Ano ang maari naming sabihin sa inyo
aming amo? O kaya, paano namin maipagtatanggol ang
aming sarili? Nalaman ng Diyos ang kasalanan ng iyong
mga lingkod. Tingnan ninyo, kami ay alipin na ng aming
amo, kami at siyang nahanapan ng baso.” 17 Sinabi ni Jose,
“Malayong gawin ko iyan. Ang lalaking nahanapan ng baso
sa kanyang kamay, ang lalaking iyon rin ang magiging alipin
ko, subalit ang mga iba ay makakauwi na ng mapayapa sa
inyong ama.” 18 Pagkatapos lumapit si Juda sa kanya at
sinabing, “Aking amo pakiusap, pahintulutan po ninyo akong
makapagsalita sa pandinig ng aking amo, at huwag hayaang
umapoy sa galit laban sa iyong alipin, sapagkat katulad ka
ni Paraon. 19 Ang aking amo ay nagtanong sa kanyang
mga lingkod, sinasabing, 'Mayroon pa ba kayong ama o
kapatid? 20 At sinabi namin sa aming amo, 'Mayroon kaming
matandang ama, at anak niya sa kanyang katandaan, isang
bunso. At patay na ang kanyang kuya, at siya ay nag-iisa na
lamang na naiwan mula sa kanyang ina, at mahal na mahal
siya ng kanyang ama.' 21 At sinabi mo sa iyong mga lingkod,
'Dalhin ninyo siya rito sa akin para makita ko siya.' 22 At
sinabi namin sa aming amo, 'Hindi kayang iwan ng bata
ang kanyang ama. Sapagkat kung iiwan niya ang kaniyang
ama ikamamatay ito ng kanyang ama.' 23 At sinabi mo sa
iyong mga lingkod, 'Kung hindi ninyo kasama pababa ang
bunso ninyong kapatid, hindi na ninyo muli makikita ang
aking mukha.' 24 At nangyari nga nang kami ay nakabalik
sa aking ama na iyong mga lingkod, isinalaysay namin sa
kanya ang mga salita ng aming amo. 25 At sinabi ng aming
ama, 'Umalis kayo muli, bumili kayo ng ilang makakain.' 26
At sinabi namin, 'Hindi na kami makabababa. Kung kasama
namin ang aming nakababatang kapatid, kami ay makakaalis
pababa, sapagkat hindi na kami hahayaan na makita pa
muli ang mukha ng lalaki kung hindi namin kasama ang
bunso naming kapatid.' 27 Sinabi ng aking ama na iyong
lingkod, 'Alam ninyong dalawa lamang ang ipinanganak ng
aking asawa. 28 At ang isa ay nawala mula sa akin at sinabi
ko. “Talaga ngang siya ay nagkapira-piraso, at hindi ko na
siya nakita mula noon.” 29 At kung kukunin rin ninyo itong
isa sa akin at muling mapahamak, dadalhin ninyo ako sa
katandaan na puno ng dalamhati sa kamatayan.' **(Sheol h7585)**
30 Kaya ngayon, kung pupunta ako sa aking ama na inyong
alipin, at hindi ko kasama ang bata, sapagkat ang kanyang
buhay ay karugtong na ng buhay ng batang lalaki, 31 kapag
ito ay nangyari, na hindi niya makita na kasama namin ang
bata siguradong ikamamatay niya ito. At ang iyong alipin
ay magiging dahilan ng pagdurusa ng ama ng iyong alipin
sa kamatayan. **(Sheol h7585)** 32 Sapagkat ang iyong alipin
ang katiyakan sa bata para sa aking ama at sinabi kong,
'Kung hindi ko madadala ang bata sa iyo, papasanin ko
ang kasalanan magpakailanman sa aking ama. 33 Kaya
ngayon, ako po ay nagmamakaawa hayaang manatili ang
iyong lingkod sa halip na ang bata ang maging alipin ng
aking amo, at hayaang makabalik ang bata kasama ng
kanyang mga kapatid. 34 Sapagkat paano ako makakabalik
sa aking ama kung hindi ko kasama ang bata? Natatakot
akong makita ang masamang mangyayari sa aking ama.”

**45** Pagkatapos hindi nakapagpigil si Jose sa kanyang
sarili sa harapan ng lahat ng mga lingkod na nakatayo
sa kanyang tabi. Sinabi niya ng malakas, “Iwanan ninyo
akong lahat.” Kaya walang lingkod na nakatayo sa tabi
niya nang siya ay nagpakilala sa kanyang mga kapatid na
lalaki. 2 Umiyak siya ng malakas, narinig ito ng mga taga-
Ehipto at ang tahanan ng Paraon ay nakarinig ito. 3 Sinabi
ni Jose sa kanyang mga kapatid na lalaki, “Ako si Jose.
Buhay pa ba ang aking ama?” Ang kanyang mga kapatid
na lalaki ay hindi makasagot sa kanya, sapagkat sila ay
nabigla sa kanyang presensiya. 4 Pagkatapos sinabi ni
Jose sa kanyang mga kapatid na lalaki, “Pakiusap, lumapit
kayo sa akin.” Lumapit sila. Sinabi niya, “Ako si Jose ang
inyong kapatid na lalaki, na inyong ipinagbili sa Ehipto. 5 At
ngayon huwag kayong magdalamhati o magalit sa inyong
mga sarili na ipinagbili ninyo ako dito, sapagkat nauna
na akong ipinadala ng Diyos sa inyo upang pangalagaan
ang buhay ninyo. 6 Nasa tagtuyot ang lupain nitong mga
dalawang taon at magkakaroon pa nang limang dagdag
na mga taon na walang pag-aararo o walang ani. 7 Nauna
na akong ipinadala ng Diyos sa inyo upang pangalagaan
kayo bilang mga nalalabi dito sa mundo at nang mapanatili
kayong buhay sa pamamagitan ng dakilang kaligtasan. 8
Kaya ngayon, hindi kayo ang nagpadala sa akin dito kung
hindi ang Diyos, at ginawa niya akong ama ng Paraon, amo
ng lahat ng kanyang tahanan, at pinuno ng lahat ng lupain sa
Ehipto. 9 Magmadali kayo at umakyat patungo sa aking ama
at sabihin sa kanya 'Ito ang sinabi ng inyong anak na si Jose,
ginawa ako ng Diyos na amo ng buong Ehipto. Bumaba ka
dito sa akin at huwag mag-atubili. 10 Maninirahan ka sa
lupain ng Gosen at nang ikaw ay mapalapit sa akin, ikaw

at ang iyong mga anak at ang mga anak ng iyong mga
anak, at ang iyong mga hayop at ang iyong mga baka, at
ang lahat ng nasa iyo. **11** Tutustusan kita doon sapagkat
mayroon pang limang mga taon na tagtuyot upang hindi
ka humantong sa kahirapan, ikaw, ang iyong tahanan, at
ang lahat ng nasa iyo.' **12** Tingnan ninyo, nakikita ng inyong
mga mata, at mga mata ng aking kapatid na lalaki na si
Benjamin, na itong aking bibig ang nakikipag-usap sa inyo.
**13** Sasabihin ninyo sa aking ama ang tungkol sa lahat ng
aking kapangyarihan sa Ehipto, at ang lahat ng inyong mga
nakita. Magmamadali kayo at dalhin ang aking ama dito." **14**
Niyakap niya ang kanyang kapatid na si Benjamin sa leeg
at umiyak, at si Benjamin ay umiyak sa kanyang leeg. **15**
Hinagkan niya ang lahat ng kanyang mga lalaking kapatid
at umiyak sa kanila. Pagkatapos noon nakipag-usap sa
kanya ang kanyang mga kapatid na lalaki. **16** Ang balita
tungkol dito ay sinabi sa bahay ng Paraon: "Dumating ang
mga lalaking kapatid ni Jose." Ito ay labis na ikinalugod ng
Paraon at ng kanyang mga lingkod. **17** Sinabi ng Paraon kay
Jose, "Sabihin mo sa iyong mga lalaking kapatid, 'Gawin ito:
lagyan ninyo ang inyong mga hayop at pumunta sa lupain
ng Canaan. **18** Kunin ninyo ang inyong ama at ang inyong
mga sambahayan at pumunta sa akin. Ibibigay ko sa inyo
ang kasaganahan ng lupain ng Ehipto, at kakainin ninyo
ang taba ng lupain.' **19** Kayo ngayon ay inuutusan ko kayo
'Gawin ninyo ito, kumuha kayo ng mga karitela mula sa
lupain ng Ehipto para sa inyong mga anak at mga asawa.
Kunin ninyo ang inyong ama at pumarito. **20** Huwag na
kayong mag-alala tungkol sa inyong mga ari-arian, sapagkat
sa inyo na ang kasaganahan ng lahat ng lupain sa Ehipto.'"
**21** Ginawa ito ng mga anak ni Israel. Binigayan sila ni Jose
ng mga karitela, ayon sa utos ng Paraon at binigyan sila ng
mga panustos para sa paglalakbay. **22** Sa kanilang lahat
nagbigay siya sa bawat tao ng mga pampalit na damit,
ngunit kay Benjamin nagbigay siya ng tatlong daang mga
piraso ng pilak at limang mga pampalit na damit. **23** Ito ang
kanyang ipinadala para sa kanyang ama: Sampung mga
asno na may kargang magandang mga kagamitan ng Ehipto,
at sampung babaeng mga asno na may karga na mga butil,
tinapay, at iba pang mga gamit para sa kanilang ama para
sa paglalakbay. **24** Kaya pinadala niya ng papalayo ang
kanyang mga lalaking kapatid at sila ay umalis. Sinabi niya
sa kanila, "Tiyakin ninyo na huwag kayong mag-aaway sa
paglalakbay". **25** Umalis sila mula sa Ehipto at dumating sa
lupain ng Canaan, kay Jacob na kanilang ama. **26** Sinabi
nila sa kaniya, "Buhay pa si Jose at siya ang namumuno sa
buong lupain ng Ehipto". At ang kanyang puso ay namangha,
sapagkat hindi niya sila pinaniniwalaan. **27** Sinabi nila sa
kanya ang lahat ng mga salita ni Jose na kanyang sinabi sa
kanila. Muling nabuhay ang espiritu ni Jacob na kanilang
ama nang makita ni Jacob ang mga karitela na ipinadala ni
Jose na magdadala sa kanya, **28** Sinabi ni Israel, "Sapat na
ito. Buhay pa ang aking anak na si Jose. Pupunta ako at
makikipagkita sa kanya bago ako mamatay."

**46** Naglakbay si Israel dala lahat ng mayroon siya at
nagtungo sa Beer-seba. Nag-alay siya roon ng mga
handog sa Diyos ng kanyang amang si Isaac. **2** Nangusap
ang Diyos kay Israel sa pamamagitan ng pangitain sa gabi,
na sinasabing, "Jacob, Jacob." Sinabi niya, "Narito ako." **3**
Sinabi niya, "Ako ang Diyos, ang Diyos ng iyong ama. Huwag
kang matakot na bumaba patungong Ehipto, dahil doon kita
gagawing isang dakilang bansa. **4** Bababa ako kasama mo
sa Ehipto at tunay na ibabalik kitang muli. Isasara ni Jose
ang iyong mga mata sa pamamagitan ng kanyang sariling
kamay." **5** Bumangon si Jacob mula sa Beer-seba. Isinakay
ng mga anak na lalaki ni Israel si Jacob na kanilang ama,
ang kanilang mga anak, at ang kanilang mga asawa sa mga
kariton na ipinadala ng Paraon para magdala sa kanya. **6**
Dinala nila ang kanilang mga alagang hayop at mga ari-arian
na naipon nila sa lupain ng Canaan. Pumunta si Jacob sa
Ehipto at ang lahat ng kanyang mga kaapu-apuhan kasama
niya. **7** Dinala niya kasama sa Ehipto ang kanyang mga
anak na lalaki, at kanyang mga apong lalaki, kanyang mga
anak na babae at kanyang mga apong babae, at lahat ng
kanyang mga kaapu-apuhan. **8** Ito ang mga pangalan ng
mga anak ni Israel na dumating sa Ehipto, si Jacob at ang
kanyang mga anak na lalaki: si Ruben, panganay na anak
ni Jacob; **9** mga anak na lalaki ni Ruben na sina Enoc,
Fallu, Hezron at Carmi; **10** mga anak ni Simeon sina Jemuel,
Jamin, Ohad, Jaquin, Zohar at Saul, na mga anak na lalaki
ng babaeng taga-Canaan; **11** mga anak na lalaki ni Levi na
sina Gershon, Coat at Merari; **12** mga anak na lalaki ni Juda:
sina Er, Onan, Sela, Fares at Zara, (pero namatay si Er at
Onan sa lupain ng Canaan. At ang mga anak na lalaki ni
Fares, sina Hezron at Hamul); **13** Ang mga anak na lalaki ni
Isacar: sina Tola, Pua, Job, at Simron; **14** Ang mga anak na
lalaki ni Zabulun: sina Sered, Elon, at Jahleel **15** (ito ang
mga anak na lalaki ni Lea na ipinanganak kay Jacob sa
Paddan Aram, kabilang ang anak niyang babae na si Dina.
Ang bilang ng lahat ng kanyang mga anak na lalaki at mga
anak na babae ay tatlumpu't tatlo); **16** ang mga anak na
lalaki ni Gad, sina Zifion, Hagui at Suni, Ezbon, Eri, Arodi, at
Areli; **17** ang mga anak na lalaki ni Aser, sina Jimna at Isua,
Isui at Beria, at si Sera na kanilang kapatid na babae; ang
mga anak na lalaki ni Beria, sina Heber at Malquiel **18** (ito
ang mga anak na lalaki ni Zilpa, na ibinigay ni Laban sa
kanyang anak na babae na si Lea. Ito ang mga ipinanganak
niya kay Jacob— labing-anim lahat); **19** ang mga anak na

lalaki ni Jacob kay Raquel na kanyang asawa—sina Jose
and Benjamin. 20 (sa Ehipto ipinanganak sina Manases at
Efraim kay Jose at Asenath, anak na babae ni Potifera na
pari ng On); 21 ang mga anak na lalaki ni Benjamin, sina
Bela, Bequer, Ashbel, Gera, Naaman, Ehi, Ros, Mupim,
Hupim, at Ard 22 (ito ang mga anak na lalaki ni Raquel
na ipinanganak kay Jacob. Ang mga taong ito ay labing-
apat lahat); 23 Ang anak na lalaki ni Dan, si Husim; 24 ang
mga anak na lalaki ni Neftali, sina Jahzeel, Guni, Jeser, and
Silem 25 (ito ang mga anak na lalaki ni Jacob kay Bilha na
ibinigay ni Laban kay Raquel na kanyang anak na babae.
Ang mga taong ito ay pito lahat. 26 Lahat ng mga taong
dumating kasama ni Jacob sa Ehipto na kanyang mga kapu-
apuhan, bukod sa kanyang mga manugang na babae ay
animnapu't anim lahat. 27 Ang dalawang lalaking anak ni
Jose na ipinanganak sa kanya sa Ehipto ay dalawa. Lahat
ng tao sa bahay ni Jacob na pumunta sa Ehipto ay pitumpo
lahat. 28 Naunang ipinadala ni Jacob si Juda papunta kay
Jose upang ituro sa kanya ang daan patungong Gosen at
sila ay pumunta sa lupain ng Gosen. 29 Inihanda ni Jose
ang kanyang karwahe at umakyat para salubungin si Israel
na kanyang ama sa Gosen. Siya ay nakita niya, niyapos ang
kanyang leeg at humagulgol sa kanyang leeg ng matagal.
30 Sinabi ni Israel kay Jose, “Ngayon hayaan mo na akong
mamatay, yamang nakita ko na ang iyong mukha, na ikaw
ay buhay pa.” 31 Sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid
na lalaki at sa bahay ng kanyang ama, “Aakyat ako at
sasabihin kay Paraon na, 'Ang aking mga lalaking kapatid at
ang tahanan ng aking ama na nasa lupain ng Canaan ay
pumunta sa akin. 32 Ang mga lalaki ay mga pastol dahil sila
ay tagapag-alaga ng kanilang mga alagang hayop. Dinala
nila ang kanilang mga kawan, mga baka at lahat ng mayroon
sila.' 33 Darating ang oras, kapag tinawag at tinanong kayo
ng Paraon, 'Ano ang inyong hanap-buhay?' 34 sabihin ninyo
dapat na, 'Ang inyong mga lingkod ay tagapag-alaga ng
mga hayop mula sa aming kabataan hanggang ngayon,
kami at ang aming mga ninuno.' Gawin ninyo ito para kayo
ay maaring manirahan sa lupain ng Gosen, dahil ang bawat
pastol ay kasuklam-suklam sa mga taga-Ehipto.”

**47** Pagkatapos pumasok si Jose at sinabi sa Paraon,
“Ang aking ama at ang aking mga kapatid na lalaki,
ang kanilang mga hayop, ang kanilang mga alagang kawan,
at ang lahat ng kanilang pagmamay-ari, ay dumating na
galing sa lupain ng Canaan. Tingnan mo, sila ay nasa lupain
na ng Gosen. 2 Sinama niya ang lima sa kanyang mga
kapatid na lalaki at ipinakilala sila sa Paraon. 3 Sinabi
ng Paraon sa kanyang mga kapatid na lalaki, “Ano ang
hanapbuhay ninyo?” Sinabi nila sa Paraon, “Ang iyong mga
lingkod ay mga pastol, katulad ng aming mga ninuno. 4
Pagkatapos sinabi nila kay Paraon, “Pumunta kami bilang
pansamantalang mamamayan sa lupain. Wala ng pastulan
para sa mga hayop ng inyong mga lingkod, dahil malubha na
ang taggutom sa lupain ng Canaan. Kaya ngayon, pakiusap
hayaan niyo ang iyong mga lingkod na manirahan sa lupain
ng Gosen.” 5 Pagkatapos nagsalita ang Paraon kay Jose,
at sinabing, “Ang iyong ama at ang iyong mga kapatid na
lalaki ay pumunta sa iyo, 6 Ang lupain ng Ehipto ay nasa
harapan mo. Patirahin mo ang iyong ama at ang iyong mga
kapatid na lalaki sa pinakamainam na rehiyon, sa lupain ng
Gosen. Kung may kakilala kang mga lalaki mula sa kanila
na may kakayahan, ilagay mo sila bilang tagapamahala sa
aking mga alagang hayop.” 7 Pagkatapos dinala ni Jose
ang kanyang ama na si Jacob at ipinakilala siya sa Paraon.
Pinagpala ni Jacob si Paraon. 8 Sinabi ng Paraon kay
Jacob, “Gaano ka na katagal nabubuhay?” 9 Sinabi ni Jacob
kay Paraon, “Ang mga taon ng aking mga paglalakbay ay
isandaan at tatlumpu. Ang mga taon ng aking buhay ay
maikli at masakit. Hindi ito kasintagal ng aking mga ninuno.”
10 Pagkatapos pinagpala ni Jacob ang Paraon at umalis
mula sa kanyang harapan. 11 Pagkatapos pinatira ni Jose
ang kanyang ama at ang kanyang mga kapatid na lalaki.
Binigyan niya sila ng lupain sa Ehipto, ang pinakamainam na
lupain, sa lupain ng Rameses, ayon sa utos ng Paraon. 12
Binigyan ni Jose ng pagkain ang kanyang ama, mga kapatid,
at lahat ng sambahayan ng kanyang ama, ayon sa bilang ng
kanilang kasama sa bahay. 13 Ngayon wala ng pagkain sa
lahat ng lupain; dahil malubha na ang taggutom. Ang lupain
ng Ehipto at ang lupain ng Canaan ay nakatiwangwang dahil
sa taggutom. 14 Naipon ni Jose ang lahat ng salaping nasa
lupain ng Ehipto at sa lupain ng Canaan, sa pamamagitan ng
pagbebenta ng butil sa mga mamamayan. Pagkatapos dinala
ni Jose ang salapi sa palasyo ng Paraon. 15 Nang naubos
na ang lahat ng salapi sa mga lupain ng Ehipto at Canaan,
lahat ng mga taga-Ehipto ay pumunta kay Jose at sinabing,
“Bigyan mo kami ng pagkain! Bakit kami mamamatay sa
iyong harapan dahil ubos na ang aming salapi? 16 Sinabi
ni Jose, “Kung wala na kayong salapi, dalhin ninyo ang
inyong mga hayop at bibigyan ko kayo ng pagkain bilang
kapalit ng inyong mga alagang hayop.” 17 Kaya dinala nila
ang kanilang mga alagang hayop kay Jose. Binigyan sila ni
Jose ng pagkain bilang kapalit ng kanilang mga kabayo,
mga hayop, mga kawan, at mga asno. Pinakain niya sila ng
tinapay kapalit ng kanilang mga hayop sa taon na iyon. 18
Nang natapos ang taong iyon, pumunta sila sa kanya nang
sumunod na taon at sinabi sa kanya, “Hindi kami magtatago
sa aming amo na ubos na ang lahat ng aming salapi, at
ang mga baka pag-aari na ng aming amo. Wala ng natira
pa sa paningin ng aming amo, maliban sa aming katawan

at ang aming lupain. 19 Bakit kami mamamatay sa harap
ng iyong mga mata, kami at ang aming lupain? Bilhin mo
kami at ang aming lupain kapalit ng pagkain, at kami at ang
aming lupain ay magiging mga lingkod ni Paraon. Bigyan mo
kami ng binhi para mabuhay kami at hindi mamatay, at ang
aming lupain ay hindi mapababayan. 20 Kaya nabili ni Jose
ang buong lupain ng Ehipto para sa Paraon. Ibinenta ng
bawat mamamayan ng Ehipto ang kanilang mga bukid, dahil
napakalubha na ng taggutom. Sa paraang ito, ang lupain ay
naging pag-aari na ng Paraon. 21 Tungkol naman sa mga
tao, ginawa niya silang alipin mula sa dulong hangganan ng
Ehipto hanggang sa kabilang dulo. 22 Ang lupain lamang
ng mga pari ang hindi nabili ni Jose dahil ang mga pari ay
binibigyan ng rasyon. Kumakain sila mula sa rasyon na
ibinibigay ng Paraon sa kanila. Kaya hindi nila ipinagbili ang
kanilang lupain. 23 Pagkatapos sinabi ni Jose sa mga tao,
“Masdan ninyo, binili ko kayo at ang inyong lupain sa araw
na ito para sa Paraon. Ngayon narito ang mga binhi para sa
inyo, at tatamnan niyo ang lupain. 24 Sa anihan, magbigay
kayo ng ikalimang bahagi sa Paraon, at ang apat na bahagi
ay para sa inyong sarili, para sa binhi ng lupain at para
pagkain ng inyong sambahayan at inyong mga anak.” 25
Sinabi nila, “Iniligtas mo ang buhay namin. Sana ay maging
kalugod-lugod kami sa iyong mga mata. Kami ay magiging
mga alipin ng Paraon.” 26 Kaya ginawa itong kautusan ni
Jose na umiiral pa rin sa lupain ng Ehipto hanggang sa araw
na ito, na ang ikalimang bahagi ay magiging pag-aari ng
Paraon. Ang lupain lang ng mga pari ang hindi napunta
sa Paraon. 27 Kaya si Israel ay nanirahan sa lupain ng
Ehipto, sa lupain ng Goshen. Ang kanyang mga tao roon ay
nakakuha ng mga ari-arian. Sila ay mabunga at dumami
ng lubos. 28 Si Jacob ay tumira sa Ehipto ng labimpitong
taon, kaya ang mga taon ng buhay ni Jacob ay isandaan at
apatnapu't pitong taon. 29 Nang malapit na ang oras ng
kamatayan ni Israel, tinawag niya ang kanyang anak na si
Jose at sinabihan siyang, “Kung ngayon ako ay kalugod-
lugod sa iyong paningin, ilagay mo ang iyong kamay sa
ilalim ng aking hita, at pakitaan mo ako ng katapatan at
pagiging mapagkakatiwalaan. Pakiusap huwag mo akong
ilibing sa Ehipto.” 30 Pagtulog ko kasama ng aking mga
ama, ilabas mo ako sa Ehipto at ilibing sa libingan ng aking
mga ninuno.” Sinabi ni Jose, “Gagawin ko ang sinabi mo.”
31 Sinabi ni Israel, “Mangako ka sa akin,” at si Jose ay
nangako sa kanya. Pagkatapos yumuko si Israel sa ulunan
ng kanyang higaan.

**48** At nangyari na pagkatapos ng mga bagay na ito,
may nagsabi kay Jose, “Tingnan mo, maysakit ang
iyong ama.” Kaya kinuha niya ang kanyang dalawang anak
na lalaki, sina Manasses at Efraim. 2 Nang sinabihan si
Jacob, “Tingnan mo, ang iyong anak na si Jose ay dumating
para makita ka,” Nag-ipon ng lakas si Israel at umupo sa
kanyang higaan. 3 Sinabi ni Jacob kay Jose, “Nagpakita sa
aking ang makapangyarihang Diyos sa Luz sa lupain ng
Canaan. Binasbasan niya ako 4 at sinabi sa akin, 'Tingnan
mo, palalaguin kita, at pararamihin kita. Gagawin kitang
kapulungan sa mga bansa. Ibibigay ko ang lupaing ito sa
iyong mga kaapu-apuhan bilang isang walang hanggang
pag-aari.' 5 At ngayon ang dalawa mong anak na lalaki
na ipinanganak sa iyo mula sa lupain ng Ehipto bago ako
dumating dito, sila ay akin. Sina Efraim at Manasses ay
magiging akin, tulad nina Ruben at Simeon na akin. 6 Ang
susunod na mga anak mo pagkatapos nila ay magiging iyo;
sila ay nakalista sa ilalim ng mga pangalan ng kanilang
mga kapatid sa kanilang mana. 7 Pero para sa akin,
nang dumating ako mula sa Paddan, sa aking kalungkutan
namatay si Raquel sa lupain ng Canaan sa daan nang ako
ay pabalik, habang may kaunting kalayuan pa papunta sa
Efrata. Inilibing ko siya roon sa daanan patungo sa Efrata
(ito ay Bethlehem).” 8 Nang nakita ni Israel ang mga anak
na lalaki ni Jose, sinabi niya. “Kanino ang mga ito?” 9 Sinabi
ni Jose sa kanyang ama, “Sila ang mga anak kong lalaki,
na ibinigay sa akin ng Diyos dito.” Sinabi ni Israel, “Dalhin
mo sila sa akin para mabasbasan ko sila.” 10 Ngayon
ang mga mata ni Israel ay malabo na dahil sa kanyang
katandaan, kaya hindi na siya nakakakita. Kaya dinala sila
ni Jose malapit sa kanya, at hinagkan sila at niyakap. 11
Sinabi ni Israel kay Jose, “Hindi ko kailanman inasahang
makikitang muli ang iyong mukha, pero ipinahintulot pa ng
Diyos na makita ko ang iyong mga anak.” 12 Kinuha sila
ni Jose mula sa pagitan ng mga tuhod ni Jacob, at saka
yumuko na nakasayad ang mukha sa lupa. 13 Kapwa sila
kinuha ni Jose, si Efraim sa kanyang kanang kamay sa
may bandang kaliwang kamay ni Israel, at si Manasses sa
kanyang kaliwang kamay sa may bandang kanang kamay ni
Israel, at dinala sila malapit sa kanya. 14 Inabot ni Israel
ang kanyang kanang kamay at inilagay sa ulo ni Efraim, na
siyang mas bata, at ang kanyang kaliwang kamay sa ulo ni
Manasses. Pinagsalungat niya ang kanyang mga kamay,
dahil si Manasses ang panganay. 15 Binasbasan ni Israel
si Jose, na nagsasabing, “And Diyos na kasama ng aking
amang si Abraham at si Isaac, ang Diyos na nag-alaga sa
akin sa araw na ito, 16 ang anghel na nagbantay sa akin
mula sa lahat ng kapahamakan, nawa ay pagpalain niya ang
mga kabataang ito. Nawa ang pangalan ko ay ipangalan sa
kanila, at ang pangalan ng aking amang sina Abraham at
Isaac. Nawa lumago sila at maging napakarami sa mundo.”
17 Nang nakita ni Jose ang kanyang ama na nilagay ang
kanyang kanang kamay sa ulo ni Efraim, ikinasama niya ng

loob ito. Kinuha niya ang kamay ng kanyang ama upang ilipat
mula sa ulo ni Efraim sa ulo ni Manasses. 18 Sinabi ni Jose
sa kanyang ama, “Hindi aking ama; ito po ang panganay.
Ilagay mo ang iyong kanang kamay sa kanyang ulo.” 19
Tumanggi ang kanyang ama at nagsabi, “Alam ko, anak,
alam ko, siya ay magiging isang lahi, at siya rin ay magiging
dakilang mga lahi. Pero ang kanyang nakababatang kapatid
ay magiging mas dakila pa kaysa sa kanya, at ang kanyang
mga kaapu-apuhan ay magiging maraming mga bansa.” 20
Binasbasan sila ni Israel sa araw na iyon sa mga salitang
ito, “Ang mga mamamayan sa Israel ay magpapahayag ng
pagpapala sa pamamagitan ng inyong mga pangalan na
nagsasabing, 'Nawa gawin ng Diyos na maging tulad ni
Efraim at Manasses'.” Sa ganitong paraan, inuna ni Israel
si Efraim bago si Manasses. 21 Sinabi ni Israel kay Jose,
“Tingnan mo, malapit na akong mamatay, pero kasama ninyo
ang Diyos, at dadalhin kayo pabalik sa lupain ng inyong
mga ama. 22 Sa iyo, bilang isang nakahihigit sa iyong mga
kapatid, ibibigay ko ang bundok na libis na nakuha ko mula
sa Amoreo sa pamamagitan ng aking tabak at aking pana.”

**49** Pagkatapos tinawag ni Jacob ang kanyang mga anak
na lalaki, at sinabi: “Magsama-sama kayo, para sabihin
ko kung ano ang mangyayari sa inyo sa hinaharap. 2
Magpulong kayo at makinig, kayong mga anak na lalaki
ni Jacob. Makinig kayo kay Israel, ang inyong ama. 3
Ruben, ikaw ang aking panganay, aking lakas, at ang simula
ng aking kalakasan, katangi-tangi ang dangal at katangi-
tangi ang kapangyarihan. 4 Katulad ng hindi mapipigilan
na matuling agos ng tubig, hindi ka magkakaroon ng
katanyagan, dahil sumampa ka sa kama ng iyong ama.
Dinungisan mo ito; sumampa ka sa aking higaan. 5 Sina
Simeon at Levi ay magkapatid. Mga armas na marahas ang
kanilang mga tabak. 6 O aking kaluluwa, huwag kayong
pumunta sa kanilang konseho, huwag kayong makiisa sa
kanilang pagpupulong, dahil labis ang karangalan ng aking
puso para dito. Papatay sila ng mga tao dahil sa kanilang
galit. Pipilayan nila ang baka para sa kanilang kasiyahan. 7
Nawa sumpain ang kanilang galit, dahil ito ay mabagsik—at
ang kanilang matinding galit, dahil ito ay malupit. Hahatiin
ko sila kay Jacob at ikakalat ko sila sa Israel. 8 Juda,
pupurihin ka ng iyong mga kapatid na lalaki. Ang iyong
kamay ay nasa leeg ng iyong mga kaaway. Yuyuko sa
iyo ang mga anak na lalaki ng iyong ama. 9 Si Juda ay
isang batang leon. Anak ko, tapos ka na sa iyong mga
biktima. Yumuko siya, yumukod siya katulad ng leon, katulad
ng leona. Sino ang hahamon na gisingin siya? 10 Hindi
mawawala ang setro sa Juda, kahit ang tungkod ng pinuno
mula sa pagitan ng kanyang mga paa, hanggang dumating
ang Silo. Susunod ang mga bansa sa kanya. 11 Pagkatali
ng kanyang batang kabayo sa puno ng ubas at ng batang
asno sa piling puno ng ubas, nilabhan niya ang kanyang
mga kasuotan ng alak at ang kanyang balabal sa dugo
ng mga ubas. 12 Ang mata niya ay magiging kasing itim
ng alak, at ang kanyang ngipin ay kasing puti ng gatas.
13 Titira si Zebulon sa tabing-dagat. Magiging daungan
siya ng mga barko at aabot ang kanyang hangganan sa
Sidon. 14 Malakas na asno si Isacar na nakahiga sa gitna
ng tupahan. 15 Nakakakita siya ng mabuting lugar na
pagpahingahan at kaaya-ayang lupain. Iyuyukod niya ang
kanyang balikat para pumasan at naging isang alipin para
sa tungkulin. 16 Hahatulan ni Dan ang kanyang mga tao
bilang isa sa mga lipi ng Israel. 17 Magiging tulad ng ahas si
Dan sa gilid ng daan, isang nakalalasong ahas sa daan na
nanunuklaw ng mga sakong ng kabayo, upang mahulog
ng patalikod ang kanyang sakay. 18 Maghihintay ako sa
iyong pagliligtas, Yahweh. 19 Si Gad—lulusubin siya ng mga
mananalakay, pero sasalakay siya sa kanilang mga sakong.
20 Magiging masagana ang pagkain ni Aser, at magbibigay
siya ng mga pagkain sa maharlika. 21 Si Nephtali ay isang
malayang babaeng usa; magkakaroon siya ng magandang
mumunting mga usa. 22 Si Jose ay magiging mabungang
sanga, isang mabungang sanga malapit sa batis at aakyat
sa pader ang mga sanga. 23 Lulusubin siya, papanain
at guguluhin ng mga namamana. 24 Pero mananatili ang
kanyang pana, at magiging dalubhasa ang kanilang mga
kamay dahil sa mga kamay ng Makapangyarihan kay Jacob,
dahil sa pangalan ng Pastol, at ang Bato ng Israel. 25
Dahil ang Diyos ng iyong ama, na siyang tutulong sa iyo, at
dahil sa makapangyarihang Diyos na siyang magbabasbas
sa iyo ng pagpapala sa kalangitan, mga pagpapala sa
kailaliman na nasa ibaba, mga pagpapala sa mga dibdib
at sinapupunan. 26 Mas malaki pa ang mga pagpapala ng
iyong ama kaysa sa mga sinaunang bundok o kanais-nais
na mga bagay ng walang hanggang mga burol. Sila ay nasa
ulo ni Jose, pagpapala na kokorona sa ulo ng isang prinsipe
na nakakataas sa kanyang mga kapatid. 27 Gutom na lobo
si Benjamin. Lalamunin niya ang kanyang nahuli sa umaga,
at hahatiin niya ang mga nakaw sa gabi.” 28 Ito ang mga
labindalawang lipi ng Israel. Ito ang sinabi ng kanilang ama
nang sila ay pinagpala niya. Bawat isa ay pinagpala niya ng
nararapat na pagpapala. 29 Tinuruan niya sila at sinabihang,
“Ako nga ay pupunta na sa aking mga tao. Ilibing ninyo ako
kasama ng aking mga ninuno sa kuweba na nasa bukid ni
Efron ang Heteo, 30 sa kuweba na nasa bukid ng Macpela,
na malapit sa Mamre sa lupain ng Canaan, ang bukid na
binili ni Abraham kay sa Efron ang Heteo para maging
libingan. 31 Doon inilibing si Abraham at Sara na kanyang
asawa; inilibing nila roon si Isaac at Rebeca na kanyang

asawa; at inilibing ko roon si Lea. 32 Binili ang bukid at ang
kuweba rito mula sa mga Heth." 33 Nang matapos ni Jacob
ang kanyang mga tagubilin sa kanyang mga anak na lalaki,
iniunat niya ang kanyang mga paa sa kama at inihinga ang
huling hininga, at pumunta sa kanyang mga tao.

50 Pagkatapos niyakap ni Jose ang mukha ng kaniyang
ama, nagdalamhati siya at hinalikan niya siya. 2
Inutusan ni Jose ang kanyang mga lingkod na manggagamot
na embalsamuhin ang kanyang ama. Kaya inembalsamo ng
mga manggagamot si Israel. 3 Ginawa nila ito ng apatnapung
araw, dahil iyon ang ganap na panahon ng pag-eembalsamo.
Umiyak ang mga taga-Ehipto ng pitumpung araw. 4 Nang
matapos ang mga araw ng pag-iyak, nakipag-usap si Jose sa
hukuman ng Paraon at sinabing, "Kung ngayon may nahanap
akong pabor sa iyong mga mata, pakiusap, kausapin mo
si Paraon, sabihing, 5 'Pinanumpa ako sa aking ama,
sinabing, "Tingnan mo, malapit na akong mamatay, Ilibing
mo ako sa aking libingan na hinukay ko doon sa lupain
ng Canaan. Doon mo ako ilibing." Ngayon hayaan ninyo
akong umakyat at ilibing ang aking ama, at pagkatapos ay
babalik din ako." 6 Sumagot ang Paraon, "Lumakad ka at
ilibing ang iyong ama, tulad ng ipinanumpa niya sa iyo." 7
Umakyat si Jose para ilibing ang kanyang ama. Kasama
niyang umakyat ang lahat ng mga opisyal ng Paraon, ang
mga tagapayo sa kanyang sambahayan, at ang lahat ng
mga nakakatandang opisyal sa lupain ng Ehipto, 8 kasama
lahat ng sambahayan ni Jose at kanyang mga kapatid, at
sambahayan ng kanyang ama. Pero iniwan nila ang mga
bata, kanilang mga kawan, at ang kanilang mga kalipunan,
sa lupain ng Gosen. 9 Pumunta kasama niya ang mga
karwahe at mga mangangabayo. Ito ay isang napakalaking
pulutong ng tao. 10 Nang sila ay dumating sa giikan ni
Atad na nasa kabilang dako ng Jordan, sila ay nagluksa ng
napakatindi at napakalungkot na pagdadalamhati. Doon si
Jose ay nagluksa ng pitong araw para sa kanyang ama.
11 Nang nakita ng mga nananahan sa lupaing yaon, ng
mga Cananeo, ang pagluluksa sa giikan ni Atad, kanilang
sinabi, "Ito ay isang napakalungkot na pagluluksa ng mga
Ehipto." Kaya ang pangalang itinawag sa lugar na iyon
ay Abel-Mizraim, na nasa kabilang dako ng Jordan. 12
Kaya ginawa ng kanyang mga anak kay Jacob ang ayon sa
inihabilin niya sa kanila. 13 Dinala siya ng kanyang mga
anak sa lupain ng Canaan at inilibing siya sa kuweba sa
bukid ng Macpela, malapit sa Mamre. Binili ni Abraham ang
kuweba na may bukid para maging lugar na paglilibingan.
Binili niya ito kay Ephron na Hetheo. 14 Matapos niyang
ilibing ang kanyang ama, bumalik si Jose patungong Ehipto,
siya, kasama ang kanyang mga kapatid na lalaki, siya,
at lahat ng sumama sa kaniya sa paglilibing sa kanyang
ama. 15 Nang nakita ng mga kapatid na lalaki ni Jose na
ang kanilang ama ay patay na, sinabi nila, "Paano kung si
Jose ay may dinadala pang sama ng loob at nais niyang
pagbayarin tayo ng buo para sa lahat ng kasamaan na
ginawa natin sa kanya?" 16 Kaya nagpadala sila ng mensahe
kay Jose, na nagsasabing, "Nagbigay ng mga tagubilin
ang iyong ama bago siya mamatay, na nagsasabing. 17
'Ganito ang sabihin ninyo kay Jose, "Pakiusap patawarin
mo ang kasalanan ng iyong mga kapatid at ang kamalian
na kanilang nagawa nang pinagmalupitan ka nila." Ngayon
pakiusap patawarin mo ang mga lingkod ng Diyos ng iyong
ama. Si Jose ay umiyak nang dinala ang mensahe sa
kanila. 18 Nagpunta rin ang kanyang mga kapatid na lalaki
at nagpatirapa sa harap niya. Sinabi nila, "Tingnan mo,
kami ay iyong mga lingkod." 19 Pero sinagot sila ni Jose,
"Huwag kayong matakot. Nasa lugar ba ako ng Diyos? 20 At
para sa inyo, ninais niyo na ipahamak ako, pero ninais ng
Diyos ito para sa kabutihan, para pag-ingatan ang buhay
ng maraming tao, gaya ng nakikita ninyo ngayon. 21 Kaya
ngayon huwag kayong matakot. Paglalaanan ko kayo at ang
inyong mga anak." Inaliw niya sila sa paraang ito at nakipag-
usap ng may kagandahang-loob sa kanila. 22 Nanirahan
si Jose sa Ehipto, kasama ng sambahayan ng kanyang
ama. Nabuhay siya ng isandaan at sampung taon. 23 Nakita
ni Jose ang mga anak ni Efraim hanggang sa ikatlong
salinlahi. Nakita niya rin ang mga anak ni Makir na anak
ni Manases. Sila ay "ipinanganak sa kanyang mga tuhod."
24 Sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid, "Malapit na
akong mamatay; pero tiyak na pupuntahan kayo ng Diyos at
pangungunahan kayo palabas ng lupaing ito papunta sa
lupain na kanyang ipinangakong ibibigay kay Abraham, kay
Isaac at kay Jacob." 25 Pagkatapos ipinasumpa ni Jose
ang mga anak ni Israel. Sinabi niya, "Tiyak na pupuntahan
kayo ng Diyos. Sa panahong iyon kailangan ninyong dalhin
ang aking mga buto mula rito." 26 Kaya namatay si Jose sa
gulang na isandaan at sampung taon. Pagkatapos siyang
embalsamuhin, siya ay inilagay nila sa isang kabaong sa
Ehipto.

# Exodo

**1** Ito ang mga pangalan ng mga anak na lalaki ni Israel
na sumama kay Jacob sa Ehipto, bawat isa sa kanilang
sambahayan ay: **2** Ruben, Simeon, Levi at Juda. **3** Isacar,
Zebulun, at Benjamin, **4** Dan, Neftali, Gad at Asher. **5**
Lahat ng ipinanganak mula kay Jacob ay pitumpu ang
bilang. Si Jose ay nasa Ehipto. **6** Pagkatapos si Jose, lahat
ng kaniyang mga lalaking kapatid, at lahat ng salinlahing
iyon ay namatay. **7** Ang mga Israelita ay naging mabunga,
lubhang dumami ang bilang at naging napakalakas; ang
lupain ay napuno nila. **8** Pagkatapos isang bagong hari
ang namahala sa Ehipto, na walang pakialam sa alaala
ni Jose. **9** Sinabi niya sa kaniyang bayan "Tingnan ninyo
ang mga Israelita; mas marami pa sila at malalakas pa
kaysa sa atin. **10** Tara na, makipag-ugnayan tayo nang may
karunungan sa kanila. Kundi patuloy silang dadami, at kung
magkaroon ng digmaan, sasama sila sa ating mga kaaway,
makikipaglaban sa atin at aalis sa lupain." **11** Kaya naglagay
sila ng mahihigpit na tagapangasiwa sa kanila para apihin
sila ng mabibigat na trabaho. Nagtayo ang mga Israelita
ng lungsod imbakan para kay Paraon: Pitom at Rameses.
**12** Habang inaapi sila ng mga taga-Ehipto, mas dumarami
ang bilang ng mga Israelita at kumakalat. Kaya sinimulan
ng mga taga-Ehipto para mangamba ang mga Israelita.
**13** Pinagtatrabaho ng mabagsik ng mga taga-Ehipto ang
mga Israelita. **14** Ginawa nilang masaklap ang kanilang
buhay na may kasamang mabibigat na paglilingkod sa tisa
at laryo, at sa lahat ng uri ng gawain sa mga bukid. Lahat na
kailangan nilang gawain ay mahirap. **15** Pagkatapos ang hari
ng Ehipto ay nakipag-usap sa Hebreong mga komadrona;
ang pangalan ng isa ay si Sifra, at ang isa ay si Pua. **16**
Sinabi niya, "Kung tutulong kayo sa mga Hebreong babae sa
paanakan, pagmasdan ninyo kapag sila ay manganganak.
Kapag ang sanggol ay lalaki, patayin ninyo; pero kung ito
ay babae, siya ay mabubuhay." **17** Pero ang mga hilot
ay natakot sa Diyos at hindi nila ginawa ang iniutos ng
hari ng Ehipto; sa halip, pinabayaan nilang mabuhay ang
mga lalaking sanggol. **18** Pinatawag ng hari ng Ehipto
ang mga komadrona at sinabi sa kanila, "Bakit pinabayaan
ninyo na mabuhay ang mga lalaking sanggol?" **19** Sumagot
ang mga hilot kay Paraon, "Ang mga babaeng Hebreo ay
hindi tulad ng mga babaeng taga-Ehipto; sila ay masigla at
tapos nang manganak bago dumating ang komadrona." **20**
Pinangalagaan ng Diyos ang mga komadrona. Ang mga tao
ay dumarami ang bilang at naging napakalakas. **21** Dahil
may takot ang mga komadrona sa Diyos, binigyan sila ng
kanilang sariling pamilya. **22** Inutusan ni Paraon ang lahat ng
kaniyang mga tao, "Kailangan ninyong itapon sa ilog bawat
lalaki na ipinanganak, pero pabayaan ninyong mabuhay ang
bawat babae."

**2** Ngayon isang lalaki sa lipi ng mga Levi ang nakapag-
asawa ng isang babaeng Levi. **2** Nabuntis ang babae
at nagsilang ng isang anak na lalaki. Nang makita niya na
malusog ang bata, itinago niya ito ng tatlong buwan. **3**
Pero nang hindi na siya maitago nila, kumuha siya ng isang
basket na papirus at sinelyohan ito ng aspalto at alkitran.
Pagkatapos nilagay niya dito ang bata at inilagay ito sa mga
tambo sa tubig sa tabi ng ilog. **4** Ang kaniyang kapatid na
babae ay nakatayo sa may hindi kalayuan para tingnan
kung anong mangyayari sa kaniya. **5** Ang anak na babae
ni Paraon ay nagpunta sa ilog para maligo doon habang
naglalakad ang kaniyang mga katulong sa tabing ilog. Nakita
niya ang basket kasama ng mga tambo at pinapuntahan niya
sa kaniyang katulong para kunin ito. **6** Nang buksan niya
ito, nakita niya ang bata. Masdan ito, ang bata ay umiiyak.
Siya ay nahabag sa kaniya at sinabing, "Ito ay tiyak na isa
sa mga sanggol ng mga Hebreo." **7** Pagkatapos sinabi ng
kapatid na babae ng bata sa anak na babae ni Paraon,
"Maaari ba akong pumunta at kumuha ng isang babaeng
Hebreo para alagaan ang sanggol para sa iyo?" **8** Sinabi ng
anak na babae ni Paraon sa kaniya, "Pumunta ka". Kaya
nagpunta ang batang babae at kinuha ang ina ng sanggol. **9**
Sinabi ng anak na babae ni Paraon sa ina ng bata, "Kunin
mo ang sanggol na ito at alagaan mo siya para sa akin, at
bibigyan kita ng mga kabayaran." Kaya kinuha ng babae
ang sanggol at inalagaan siya. **10** Nang lumaki na ang
sanggol, siya ay dinala niya sa anak na babae ni Paraon,
at siya ay naging lalaking anak niya. Pinangalanan niya
siyang Moises at sinabing, "Dahil inahon kita mula sa tubig"
**11** Nang lumaki na si Moises, pumunta siya sa kaniyang
bayan at inobserbahan ang kanilang mahirap na gawain.
Nakita niya ang isang taga-Ehipto na sinasaktan ang isang
Hebreo, isa sa kaniyang sariling bayan. **12** Lumingon siya
sa magkabilang banda, at nang makita niya na walang tao
doon, pinatay niya ang taga-Ehipto at tinago ang kaniyang
katawan sa buhangin. **13** Lumabas siya nang sumunod
na araw, at, nakita ang dalawang Hebreo na nag-aaway.
Sinabi niya sa isang may sala, "Bakit mo sinasaktan ang
iyong kasamahan?" **14** Pero sinabi ng lalaki "Sino ang
gumawa sa iyong pinuno at hatulan kami? Pinaplano mo ba
akong patayin gaya ng iyong pagpatay sa taga-Ehipto?"
Pagkatapos natakot si Moises at sinabing, "Anuman ang
ginawa ko ay tiyak na nalaman ng iba." **15** Ngayon nang
marinig ni Paraon ang tungkol dito, sinubukan niyang patayin
si Moises. Pero tumakas si Moises mula kay Paraon at
nanatili sa lupain ng Midian. Umupo siya doon sa tabi ng
isang balon. **16** Ngayon ang pari ng Midian ay mayroong

pitong anak na babae. Dumating sila, umigib ng tubig, at
pinuno ang mga labangan para painumin ang kawan ng
kanilang ama. 17 Dumating ang mga pastol at sinubukang
palayasin sila, pero lumapit si Moises at tinulungan sila.
Pagkatapos pinainom niya ang kanilang mga kawan. 18
Nang pumunta ang mga babae kay Reuel na kanilang ama,
sinabi niya, “Bakit maaga kayong nakauwi ngayong araw?”
19 Sinabi nila, “Tinulungan kami ng isang taga-Ehipto mula
sa mga pastol. Ipinag-igib pa nga niya kami ng tubig at
pinainom ang mga kawan.” 20 Sinabi niya sa kaniyang mga
anak na babae, “Kaya nasaan siya? Bakit ninyo iniwan ang
lalaki? Tawagin ninyo siya para makasabay natin siyang
kumain.” 21 Sumang-ayon si Moises na manatili siya kasama
ang lalaki, na binigay rin ang kaniyang anak na babae na si
Zipora para mapangasawa. 22 Siya ay nagsilang ng anak na
lalaki, at pinangalanan siya ni Moises na Gersom; sinabi
niya, “Ako ay naging isang mamamayan sa isang dayuhang
lupain.” 23 Lumipas ang isang mahabang panahon, ang
hari ng Ehipto ay namatay. Ang mga Israelita ay dumaing
dahil sa kanilang pagkaalipin. Sila ay humingi ng tulong, at
ang kanilang daing ay nakarating sa Diyos dahil sa kanilang
pagkaalipin. 24 Nang marinig ng Diyos ang kanilang mga
daing, inalala ng Diyos ang kaniyang tipan kay Abraham, kay
Isaac, at kay Jacob. 25 Nakita ng Diyos ang mga Israelita, at
naunawaan niya ang kanilang kalagayan.

**3** Ngayon si Moises ay nagpapastol pa rin ng kawan ng
biyenan niyang si Jetro, ang pari ng Midian. Pinangunahan
ni Moises ang kawan sa malayong dako ng ilang at dumating
sa Horeb, ang bundok ng Diyos. 2 Doon ang anghel ni
Yahweh ay nagpakita sa kaniya sa isang nagliliyab na
apoy sa mababang puno. Tumingin si Moises at nakita na
nagliliyab ang puno pero ito ay hindi nasusunog. 3 Sinabi ni
Moises, “Lilingon ako at titingnan ang kahanga-hangang
bagay na ito, bakit ang puno ay hindi nasusunog.” 4 Nang
makita ni Yahweh na lumingon si Moises para tingnan,
tumawag ang Diyos sa kaniya mula sa mababang puno
at sinabi, “Moises, Moises.” Sinabi ni Moises, “Narito po
ako.” 5 Sinabi ng Diyos, “Huwag kang lumapit! Hubarin
mo ang sapatos sa iyong mga paa, dahil ang lugar na
kinatatayuan mo ay lupang inilaan sa akin.” 6 Dagdag pa
niya, “Ako ang Diyos ng iyong ama, ang Diyos ni Abraham,
ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob.” Pagkatapos
tinakpan ni Moises ang kaniyang mukha, dahil takot siyang
tumingin sa Diyos. 7 Sinabi ni Yahweh, “Tunay na nakita
ko ang pagdurusa ng aking bayan na nasa Ehipto. Narinig
ko ang kanilang pagsigaw dahil sa kanilang mahihigpit
na tagapangasiwa, dahil alam ko ang tungkol sa kanilang
pagdurusa. 8 Bumaba ako para palayain sila mula sa
kapangyarihan ng mga taga-Ehipto at dalhin sila mula sa
lupaing iyon patungo sa mabuti at malawak na lupain, sa
isang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot; sa rehiyon ng
mga Cananeo, Heteo, Amoreo, Perezeo, Hivita, at mga
Jebuseo. 9 Ngayon ang mga pagsigaw ng bayan ng Israel ay
nakarating sa akin. Bukod dito, nakita ko ang pagmamalupit
na dulot ng mga taga-Ehipto. 10 Kaya ngayon, ipapadala
kita kay Paraon para dalhin mo ang aking bayan, ang mga
Israelita, palabas mula sa Ehipto.” 11 Pero sinabi ni Moises
sa Diyos, “Sino ba ako, na dapat akong magpunta kay
Paraon at dalhin ang mga Israelita mula sa Ehipto?” 12
Sumagot ang Diyos, “Ako ay tiyak na makakasama mo. Ito
ang magiging palatandaan na pinadala kita. Kapag nailabas
mo ang bayan mula sa Ehipto, sasambahin ninyo ako sa
bundok na ito.” 13 Sinabi ni Moises sa Diyos, “Pagpunta
ko sa mga Israelita at sabihin sa kanilang, 'Ang Diyos ng
inyong mga ninuno ay pinadala ako sa inyo,' at kung sabihin
nila sa akin, 'Ano ang pangalan niya?' ano ang dapat kong
sabihin sa kanila?” 14 Sinabi ng Diyos kay Moises, “AKO
AY SI AKO.” Sabi ng Diyos, “Dapat mong sabihin sa mga
Israelita, 'SI AKO ang nagpadala sa akin sa inyo.'” 15 Sinabi
rin ng Diyos kay Moises, “Dapat mong sabihin sa mga
Israelita, 'Si Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninuno,
ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, ang Diyos ni
Jacob, ay nagpadala sa akin sa inyo. Ito ang aking pangalan
magpakailanman, at ganito ako mapapanatili sa isipan ng
lahat ng mga salinlahi.' 16 Lumakad ka at sama-samang
tipunin ang mga nakatatanda ng Israel. Sabihin sa kanila,
'si Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninuno, ang Diyos
ni Abraham, ni Isaac, at ni Jacob, ay nagpakita sa akin at
nagsabi, “Tunay ngang napagmasdan ko kayo at nakita ang
ginawa sa inyo sa Ehipto. 17 Nangako akong kukunin kayo
mula sa pagmamalupit sa Ehipto patungo sa lupain ng mga
Cananeo, Heteo, Amoreo, Perezeo, Hivita, at mga Jebuseo,
isang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot. 18 Makikinig
sila sa iyo. Ikaw at ang mga nakatatanda ng Israel ay dapat
pumunta sa hari ng Ehipto, at dapat mong sabihin sa kaniya,
'Si Yahweh, ang Diyos ng mga Hebreo ay kinatagpo kami.
Kaya ngayon hayaan mo kaming maglakbay ng tatlong araw
sa ilang, para makapaghandog kami kay Yahweh, na aming
Diyos.' 19 Pero nalalaman ko na ang hari ng Ehipto ay
hindi kayo papayagang umalis, maliban na ang kamay niya
ay pilitin. 20 Iaabot ko ang kamay ko at sasalakayin ang
mga taga-Ehipto ng mga himalang gagawin ko sa gitna
nila. Pagkatapos niyon, papayagan niya kayong umalis. 21
Bibigyan ko ang mga taong ito ng pabor mula sa mga taga-
Ehipto, kaya sa pag-alis ninyo, hindi kayo aalis na walang
dala. 22 Bawat babae ay hihingi ng pilak at gintong alahas at
mga damit mula sa kapitbahay na taga-Ehipto at sinumang
babaeng nanatili sa bahay ng mga kapitbahay niya. Ilalagay

ninyo ang mga iyon sa inyong mga anak na lalaki at babae.
Sa paraang ito ay lolooban ninyo ang mga taga-Ehipto."

**4** Sumagot si Moises, "Pero paano kung hindi sila maniwala
o makinig sa akin pero sa halip na sabihin, 'Si Yahweh
ay hindi nagpakita sa iyo'?" **2** Sinabi ni Yahweh sa kaniya,
"Ano iyang nasa kamay mo?" Sinabi ni Moises, "Isang
tungkod." **3** Sinabi ni Yahweh, "Ihagis mo ito sa lupa."
Inihagis ito ni Moises sa lupa, at ito ay naging isang ahas.
Tumakbo si Moises palayo dito. **4** Sinabi ni Yahweh kay
Moises, "Damputin mo at hawakan ito sa buntot." Kaya
dinampot niya at hinawakan ang ahas. Naging tungkod ito
muli sa kaniyang kamay. **5** "Ito ay para maniwala sila na si
Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno, ang Diyos ni
Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob, ang
nagpakita sa iyo." **6** Sinabi rin ni Yahweh sa kaniya, "Ngayon
ilagay mo ang iyong kamay sa loob ng iyong balabal." Kaya
inilagay ni Moises ang kaniyang kamay sa loob ng kaniyang
balabal. Nang ilabas niya ito, namasdan, na ang kaniyang
kamay ay naging ketong, kasing puti ng niyebe. **7** Sinabi ni
Yahweh, "Ilagay mo ulit ang iyong kamay sa loob ng iyong
balabal." Kaya inilagay ni Moises ang kaniyang kamay sa
loob ng kaniyang balabal, at ng inilabas niya ito, nakita
niya na naging malusog ito muli, tulad ng kaniyang ibang
laman. **8** Sinabi ni Yahweh, "Kung hindi sila maniniwala sa
iyo—kung hindi nila bibigyang pansin ang unang palatandaan
ng aking kapangyarihan o maniniwala dito, pagkatapos
paniniwalaan nila ang ikalawang palatandaan. **9** At kung
hindi sila maniniwala kahit sa dalawang palatandaan ng aking
kapangyarihan, o makikinig sa iyo, pagkatapos kumuha ka
ng kaunting tubig mula sa ilog at ibuhos ito sa tuyong lupa.
Ang tubig na iyong kinuha ay magiging dugo sa tuyong lupa."
**10** Pagkatapos sinabi ni Moises kay Yahweh, "Panginoon,
hindi ako naging magaling manalita, kahit pa noong nakaraan
o ni mula ng nakipag-usap ka sa iyong lingkod. Mahina ako
sa pananalita at mahina ang dila." **11** Sinabi ni Yahweh sa
kaniya, "Sino ba itong gumawa ng bibig ng tao? Sino bang
gumawa sa taong pipi o bingi, nakakakita o bulag? Hindi ba
ako, si Yahweh? **12** Kaya ngayon lumakad ka at kasama
mo ako sa iyong pananalita at tuturuan kita kung ano ang
sasabihin." **13** Pero sinabi ni Moises, "Panginoon, pakiusap
magpadala ka nalang ng iba, sinuman ang gusto mong
ipadala." **14** Pagkatapos nagalit si Yahweh kay Moises.
Sinabi niya, "Ano kaya kung si Aaron, ang iyong kapatid
na Levita? Alam ko na nakakapagsalita siya ng maayos.
Bukod dito, paparating siya para makipagkita sa iyo, at
kapag nakita ka niya, magsasaya ang kaniyang puso. **15**
Makikipag-usap ka sa kaniya at ilalagay mo sa kaniyang
bibig ang mga salita na dapat sabihin. Ako ay mapapasa
iyong bibig at sa kaniyang bibig, at ipapakita ko sa inyo
kung ano ang gagawin. **16** Magsasalita siya sa mga tao
para sa iyo. Siya ang magiging tagapagsalita mo, at ikaw sa
kaniya ay magiging tulad ko, parang Diyos. **17** Dadalhin
mo ang tungkod na ito sa iyong kamay. Sa pamamagitan
nito gagawin mo ang mga palatandaan." **18** Kaya bumalik si
Moises kay Jetro ang kaniyang biyenang lalaki, at sinabi
sa kaniya, "Payagan mo akong umalis para makabalik sa
aking mga kamag-anak na nasa Ehipto at makita ko kung
buhay pa ba sila." Sinabi ni Jetro kay Moises, "Lumakad ka
nang may kapayapaan." **19** Sinabi ni Yahweh kay Moises sa
Midian, "Lumakad ka, bumalik ka sa Ehipto, dahil lahat ng
mga taong nagnanais kunin ang iyong buhay ay patay na."
**20** Dinala ni Moises ang kaniyang asawa at mga anak na
lalaki at isinakay niya sila sa asno. Bumalik siya sa lupain
ng Ehipto, at dinala niya ang tungkod ng Diyos na nasa
kaniyang kamay. **21** Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Kung
babalik ka sa Ehipto, siguraduhin mong gawin sa harapan
ni Paraon ang lahat ng mga kababalaghan na inilagay ko
sa iyong kapangyarihan. Pero patitigasin ko ang kaniyang
puso, at hindi niya paaalisin ang mga tao. **22** Kailangan
mong sabihin kay Paraon, 'Ito ang sinasabi ni Yahweh: ang
Israel ay aking anak, ang aking panganay, **23** At sasabihin
ko sa iyo, "Payagan mo ang aking anak na umalis, kaya
siya ay sasamba sa akin." Pero dahil ikaw ay tumangging
paalisin siya, tiyak na papatayin ko ang iyong anak, ang
iyong panganay."' **24** Ngayon habang nasa daan, nang
huminto sila para sa gabi, si Yahweh ay nakipagkita kay
Moises at sinubukang patayin siya. **25** Pagkatapos kumuha
si Zepora ng batong matulis at pinutol niya ang unahang
balat ng kaniyang anak na lalaki, at inilapat ito sa paa ni
Moises. Pagkatapos sinabi niya, "Sigurado ako na ikaw ang
lalaking ikakasal sa akin sa pamamagitan ng dugo." **26** Kaya
hinayaan siya ni Yahweh na mag-isa. Sinabi niya, "Ikaw
ang lalaking ikakasal sa dugo" dahil sa pagtutuli. **27** Sinabi
ni Yahweh kay Aaron, "Pumunta ka doon sa ilang para
makipagkita kay Moises." Pumunta si Aaron, at nakipagkita
sa kaniya sa bundok ng Diyos, at hinalikan siya. **28** Sinabi
ni Moises kay Aaron ang lahat ng mga salita ni Yahweh
na ipinadala niya para sabihin at tungkol sa lahat ng mga
palatandaan ng kapangyarihan ni Yahweh na iniutos niya
na kaniyang gagawin. **29** Pagkatapos pumunta at tinipon
nina Moises at Aaron ang lahat ng mga nakatatanda ng
mga Israelita. **30** Sinabi ni Aaron ang lahat ng mga salita na
sinabi ni Yahweh kay Moises. Ipinakita niya rin ang mga
palatandaan ng kapangyarihan ni Yahweh sa paningin ng
mga tao. **31** Naniwala ang mga tao. Nang marinig nila na si
Yahweh ay nag-oobserba sa mga Israelita at nakita niya ang
kanilang pagkaalipin, pagkatapos iniyuko nila ang kanilang
mga ulo at sinamba siya.

5 Nang matapos ang mga bagay na ito, pumunta sina
Moises at Aaron kay Paraon at sinabi, “Ito ang sinabi ni
Yahweh, ang Diyos ng Israel, sinabing: 'Pabayaan mong
umalis ang aking bayan, para magkaroon sila ng pagdiriwang
para sa akin doon sa ilang.” 2 Sinabi ni Paraon, “Sino si
Yahweh? Bakit ako makikinig sa kaniyang tinig at hahayaang
umalis ang Israel? Hindi ko kilala si Yahweh; bukod dito,
hindi ko papayagang umalis ang Israel.” 3 Sinabi nila. “Ang
Diyos ng mga Hebreo ay nakipagkita sa amin. Payagan mo
kaming umalis at maglakbay ng tatlong araw doon sa ilang
at mag-alay kay Yahweh na aming Diyos para hindi niya
kami salakayin ng salot o may espada.” 4 Pero sinabi ng hari
ng Ehipto sa kanila, “Moises at Aaron, bakit ninyo pinapaalis
ang mga tao sa kanilang gawain? Bumalik kayo sa inyong
gawain.” 5 Sinabi rin niya, “Marami ng mga taong Hebreo
ngayon sa aming lupain, at papatigilin mo sila sa kanilang
gawain.” 6 Sa araw ding iyon, nagbigay ng utos si Paraon sa
mga katiwala at mga mahihigpit na tagapangasiwa. Sinabi
niya, 7 “Hindi tulad noon, hindi na ninyo kailanman bibigyan
ang mga tao ng dayami para gawing mga laryo. Pabayaan
ninyong magtipon ng para sa kanilang sarili. 8 Gayun pa
man, dapat pa rin ninyong hihingiin sa kanila ang parehong
bilang ng mga laryo na ginawa nila noon. Huwag ninyong
tanggapin ang anumang kakaunti, dahil sila ay tamad. Kaya
nga sila ay tumatawag at sinasabing, 'Payagan ninyo kaming
umalis at mag-alay sa aming Diyos.' 9 Dagdagan pa ang mga
gawain ng mga kalalakihan para magpatuloy sila rito at hindi
na papansinin ang mapanlinlang na mga salita.” 10 Kaya ang
mga mahihigpit na tagapangasiwa at katiwala ay lumabas
at pinaalam sa mga tao. Sinabi nila, "Ito ang sinasabi ni
Paraon: 'Hindi na ako kailanman magbibigay ng kahit anong
dayami sa inyo. 11 Kayo na sa inyong sarili ang umalis at
kumuha ng dayami kahit saan ninyo ito mahahanap, pero
ang inyong gawain ay hindi mababawasan.'" 12 Kaya ang
bayan ay nagsikalat sa buong lupain ng Ehipto para maka-
ipon ng mga pinagputulan para sa dayami. 13 Palagi silang
hinihimok ng mahihigpit na tagapangasiwa at sinasabing,
“Tapusin ninyo ang inyong trabaho, sa panahon na maibigay
ang dayami sa inyo.'" 14 Binubugbog ng mga mahihigpit na
tagapangasiwa ni Paraon ang mga katiwala na Israelita, iyon
ding taong nilalagay nila bilang pinuno sa mga manggagawa.
Palaging tinatanong ng mga mahihigpit na tagapangasiwa sa
kanila, “Bakit hindi ninyo naibibigay ang lahat ng hinihinging
laryo sa inyo, maski kahapon at ngayon, na dati ninyong
ginagawa?” 15 Kaya pumunta ang mga Israelitang katiwala
kay Paraon at tumawag sa kaniya. Sinabi nila, “Bakit sa
ganitong paraan ang pakikitungo mo sa iyong mga lingkod?
16 Wala nang dayaming binibigay sa iyong mga lingkod,
pero sinasabi pa rin nila sa amin, 'Gumawa kayo ng mga
laryo!' Kami, ang iyong mga lingkod, ay binubugbog maski
ngayon, pero kagagawan ito ng sarili mong bayan.” 17 Pero
sinabi ni Paraon, “Kayo ay mga tamad! Kayo ay mga tamad!
Sabi niyo, 'Payagan mo kaming umalis para makapag-alay
kay Yahweh.' 18 Kaya ngayon bumalik na kayo sa trabaho.
Wala nang dayami ang ibibigay sa inyo, pero gagawa pa
rin kayo ng parehong bilang ng mga laryo.” 19 Nakita ng
mga Israelitang katiwala na sila ay nasa panganib nang
sinabihan silang, “Hindi ninyo babawasan ang araw-araw
na bilang ng mga laryo.” 20 Nakipagkita sila kina Moises
at Aaron na nakatayo sa labas ng palasyo, papalayo kay
Paraon. 21 Sinabi nila kina Moises at Aaron, “Nawa tingnan
kayo ni Yahweh at paparusahan kayo, dahil ginawa ninyo
kaming maging hindi kanais-nais sa paningin ni Paraon at
sa kaniyang mga lingkod. Inilagay ninyo ang espada sa
kanilang kamay para patayin kami.” 22 Bumalik si Moises
kay Yahweh at sinabi, “Panginoon, bakit mo idinulot ang
panganib sa mga taong ito? Bakit mo pala ako ipinadala?
23 Sa simula pa lang na pumunta ako kay Paraon para
magsalita sa kaniya sa iyong pangalan, idinulot niya ang
panganib para sa mga taong ito, at hindi mo pinalaya ang
iyong bayan.”

6 Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay Moises, “Ngayon
makikita mo kung ano ang gagawin ko kay Paraon.
Makikita mo ito, dahil hahayaan niya na sila ay umalis
dahil sa aking malakas na kamay. Dahil sa kamay kong
makapangyarihan, sila ay kaniyang palalayasin sa kaniyang
lupain.” 2 Kinausap ng Diyos si Moises at sinabi sa kaniya,
“Ako si Yahweh. 3 Nagpakita ako kay Abraham, kay Isaac,
at kay Jacob bilang Diyos na Makapangyarihan; pero sa
pamamagitan ng aking pangalang Yahweh, ay hindi ako
nahayag sa kanila. 4 Itinatag ko rin sa kanila ang aking tipan,
para ibigay sa kanila ang lupain ng Canaan, ang lupain
na kung saan sila ay nanirahan bilang hindi mamamayan,
ang lupain kung saan sila ay lumibot. 5 Dagdag pa doon,
narinig ko ang mga daing ng mga Israelita na siyang
inalipin ng mga taga-Ehipto, at inalala ko ang aking tipan sa
kanila. 6 Kaya, sabihin sa mga Israelita, 'Ako si Yahweh.
Dadalhin ko kayo palabas mula sa pagkaalipin sa ilalim ng
mga taga-Ehipto, at palalayain ko kayo mula sa kanilang
kapangyarihan. Kayo ay aking ililigtas sa pagpapakita ng
aking kapangyarihan, at makapangyarihang mga gawa ng
paghatol. 7 Dadalhin ko kayo sa aking sarili bilang aking
bayan, at ako ay inyong magiging Diyos. Malalaman ninyo
na ako si Yahweh, ang inyong Diyos, na nagdala sa inyo
palabas mula sa pagkaalipin sa ilalim ng mga taga-Ehipto. 8
Dadalhin ko kayo sa lupain na aking sinumpaan para ibigay
kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob. Ibibigay ko ito sa inyo
bilang isang pag-aari. Ako si Yahweh.'” 9 Nang sinabi ito

ni Moises sa mga Israelita, ayaw nilang makinig sa kaniya
dahil sa pagkasira ng kanilang loob dahil sa lupit ng kanilang
pagkaalipin. 10 Kaya nakipag-usap si Yahweh kay Moises at
sinabing, 11 "Pumunta ka at sabihan si Paraon, ang hari ng
Ehipto, na hayaang umalis ang bayan ng Israel mula sa
kaniyang lupain." 12 Sinabi ni Moises kay Yahweh, "Kung
ang mga Israelita ay hindi nakinig sa akin, bakit makikinig si
Paraon sa akin, gayong hindi ako magaling sa pagsasalita?"
13 Nagsalita si Yahweh kay Moises at kay Aaron. Nagbigay
siya ng kautusan para sa mga Israelita at para kay Paraon,
ang hari ng Ehipto, na dalahin ang mga Israelita palabas sa
lupain ng Ehipto. 14 Ito ay ang mga pinuno sa mga bahay
ng kanilang mga ama. Mga anak na lalaki ni Ruben, ang
panganay ni Israel, sina Hanoch, si Phallu, si Hezron, at si
Carmi. Ang mga ito ay ang angkan ng mga ninuno ni Ruben.
15 Ang mga anak na lalaki ni Simeon ay sina Jemuel, si
Jamin, si Ohad, si Jachin, si Zohar, at si Shaul—ang anak
na lalaki sa isang babaeng Cananeo. Ang mga ito ay ang
angkan ng mga ninuno ni Simeon. 16 Narito ang naitalang
mga pangalan ng mga anak na lalaki ni Levi, kasama ng
kanilang mga kaapu-apuhan. Sila ay sina Gerson, Kohath,
at Merari. Nabuhay si Levi hanggang siya ay 137 taong
gulang. 17 Ang mga anak na lalaki ni Gerson ay sina Libni at
Shimi. 18 Ang mga anak na lalaki ni Kohath ay sina Amram,
Izhar, Hebron at Uzziel. Si Kohath ay nabuhay hanggang
siya ay 133 taong gulang. 19 Ang mga anak na lalaki ni
Merari ay sina Mahali at Musi. Ang mga ito ang naging mga
ninunong angkan ng mga Levita, kasama ng kanilang mga
kaapu-apuhan. 20 Napangasawa ni Amram si Jochebed,
ang kapatid na bababe ng kaniyang ama. Ipinanganak niya
sina Aaron at Moises. Si Amram ay nabuhay ng 137 taon
at pagkatapos ay namatay. 21 Ang mga anak na lalaki ni
Izhar ay sina Korah, Nepheg, at Zithri. 22 Ang mga anak
na lalaki ni Uzziel ay sina Misael, si Elzaphan, at si Zithri.
23 Napangasawa ni Aaron si Elisheba, anak na babae ni
Aminadab, na kapatid na babae ni Naashon. Ipinanganak
niya sina Nadab at Abiu, si Eleazar at Ithamar. 24 Ang mga
anak na lalaki ni Cora ay sina, Assir, Elcana, at Abiasaph.
Ito ang mga ninunong angkan ng mga Corita. 25 Si Eleazar,
na anak na lalaki ni Aaron, ay napangasawa ang isa sa mga
anak na babae ni Putiel. Ipinanganak niya si Finehas. Ito
ang mga pinuno sa bahay ng mga ama sa gitna ng mga
Levita, kabilang ng kanilang mga kaapu-apuhan. 26 Ang
dalawang lalaking ito ay sina Aaron at Moises kung kanino
sinabi ni Yahweh, "Dalhin palabas ang mga Israelita mula sa
lupain ng Ehipto, sa pamamagitan ng kanilang mga pangkat
ng mga lalaking mandirigma." 27 Nakipag-usap si Aaron at
si Moises kay Paraon, ang hari ng Ehipto, para pahintulutan
silang mailabas ang mga Israelita mula sa Ehipto. Ang mga
ito pa rin ay sina Moises at Aaron. 28 Nang nagsalita si
Yahweh kay Moises sa lupain ng Ehipto, 29 sinabi niya sa
kaniya, "Ako si Yahweh. Sabihin mo kay Paraon, ang hari
ng Ehipto, lahat ng sasabihin ko sa iyo." 30 Pero sinabi ni
Moises kay Yahweh, "Hindi ako magaling sa pagsasalita,
kaya bakit makikinig si Paraon sa akin?"

**7** Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Tingnan mo, ginawa
kitang parang isang diyos kay Paraon. Si Aaron na iyong
kapatid ang magiging propeta mo. 2 Sasabihin mo ang lahat
ng inutos kong sabihin mo. Ang kapatid mong si Aaron
ay makikipag-usap kay Paraon para payagan niya ang
bayan ng Israel na umalis mula sa kaniyang lupain. 3 Pero
patitigasin ko ang puso ni Paraon, at magpapakita ako ng
maraming palatandaan ng aking kapangyarihan, maraming
kamangha-mangha, sa lupain ng Ehipto. 4 Pero si Paraon
ay hindi makikinig sa iyo, kaya ilalagay ko ang kamay ko sa
Ehipto at ilalabas ang aking mga pangkat ng mandirigmang
kalalakihan, aking bayan, ang mga kaapu-apuhan ni Israel,
palabas sa lupain ng Ehipto sa pamamagitan ng dakilang
mga gawa ng pagpaparusa. 5 Malalaman ng mga taga-
Ehipto na ako si Yahweh kapag iniabot ko ang aking kamay
sa Ehipto at inilabas ang mga Israelita mula sa kanila." 6
Ginawa iyon nina Moises at Aaron; ginawa nila tulad ng
inutos ni Yahweh sa kanila. 7 Si Moises ay walumpung taong
gulang, at si Aaaron ay walumpu't tatlong taong gulang
nang nakipag-usap sila kay Paraon. 8 Sinabi ni Yahweh
kina Moises at Aaron, 9 "Kapag sinabi ni Paraon sa inyo,
'Gumawa kayo ng isang himala,' sa gayon sasabihin mo kay
Aaron, 'Kunin mo ang iyong tungkod at itapon sa harap ni
Paraon, para ito ay maging isang ahas.'" 10 Pagkatapos
pumunta sina Moises at Aaron kay Paraon, at ginawa nila
ayon sa inutos ni Yahweh. Tinapon ni Aaron ang kaniyang
tungkod sa harapan ni Paraon at kaniyang mga lingkod, at ito
ay naging isang ahas. 11 Pagkatapos tinawag din ni Paraon
ang kaniyang mga matatalino at salamangkero. Gumawa sila
ng kaparehong bagay sa kanilang salamangka. 12 Bawat
isang lalaki ay itinapon ang kaniyang tungkod at ang mga
tungkod ay naging mga ahas. Pero ang tungkod ni Aaron ay
nilamon ng kanilang mga ahas. 13 Ang puso ni Paraon ay
tumigas, at hindi siya nakinig, tulad ng naunang pinahayag
ni Yahweh. 14 Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Matigas ang
puso ni Paraon, at tumatanggi siyang payagang umalis ang
ang mga tao. 15 Pumunta ka kay Paraon sa umaga kapag
lumabas siya papunta sa tubig. Tumayo ka sa pampang
ng ilog para salabungin siya, at hawakan ang tungkod na
naging ahas sa iyong kamay. 16 Sabihin mo sa kaniya, 'Si
Yahweh, ang Diyos ng mga Hebreo ay pinadala ako sa iyo
para sabihin, "Payagan mong umalis ang aking bayan, para
sambahin nila ako sa ilang. Hanggang ngayon ay hindi ka

nakikinig." 17 Sinasabi ito ni Yahweh: "Sa pamamagitan
nito ay makikilala mong ako si Yahweh. Hahampasin ko
ang tubig ng Ilog Nilo ng tungkod na nasa kamay ko, at
ang tubig ay magiging dugo. 18 Ang mga isda na nasa ilog
ay mamamatay, at ang ilog ay mangangamoy. Ang mga
taga-Ehipto ay hindi makakainom ng tubig mula sa ilog."
19 Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay Moises, "Sabihin mo
kay Aaron, 'Kunin mo ang iyong tungkod at iabot mo ang
kamay mo sa dako ng mga tubig ng Ehipto, sa dako ng
kanilang mga ilog, mga batis, mga lawa, at lahat ng mga
tubigan, para ang kanilang tubig ay maging dugo. Gawin mo
ito para magkaroon ng dugo sa lahat ng buong lupain ng
Ehipto, kahit na sa lalagyang kahoy at bato.'" 20 Ginawa nina
Moises at Aaron ayon sa inutos ni Yahweh. Itinaas ni Aaron
ang tungkod at hinampas ang tubig sa ilog, sa paningin
nina Paraon at ng kaniyang mga lingkod. Lahat ng tubig sa
ilog ay naging dugo. 21 Ang mga isda sa ilog ay namatay,
at ang ilog ay nagsimulang mangamoy. Hindi makainom
ang mga taga-Ehipto ng tubig mula sa ilog, at ang dugo
ay nasa lahat ng dako sa lupain ng Ehipto. 22 Pero ang
mga salamangkero ng Ehipto ay gumawa ng kaparehong
bagay sa kanilang salamangka. Kaya ang puso ni Paraon ay
tumigas, at tumanggi siyang makinig kay Moises at Aaron,
tulad ng sinabi ni Yahweh na mangyayari. 23 Pagkatapos
tumalikod si Paraon at nagpunta sa kaniyang bahay. Hindi
man lamang niya binigyang pansin ito. 24 Lahat ng mga
taga-Ehipto ay naghukay sa palibot ng ilog para sa tubig na
maiinom, pero hindi nila mainom ang mismong tubig ng ilog.
25 Pitong araw ang lumipas matapos salakayin ni Yahweh
ang ilog.

**8** Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay Moises, "Puntahan
mo si Paraon at sabihin mo sa kaniya, 'Ito ang sinabi
ni 'Yahweh: "Hayaan mong umalis ang aking bayan para
sila ay sumamba sa akin. 2 Kung tatanggi ka na paalisin
sila, pararanasin ko ang iyong buong bansa ng mga salot
na palaka. 3 Mapupuno ang ilog ng mga palaka. Aahon
sila at papasok sa iyong bahay, sa iyong silid tulugan, at sa
iyong higaan. Pupunta sila sa mga bahay ng iyong mga
lingkod. Sila ay pupunta sa iyong bayan, sa iyong mga
hurno, sa iyong mga masahang mangkok. 4 Sasalakay
ang mga palaka sa iyo, sa iyong mga tauhan, at sa lahat
ng iyong mga lingkod.""' 5 Sinabi ni Yahweh kay Moises,
"Sabihin mo kay Aaron, 'Iunat mo ang iyong kamay at ang
iyong tungkod sa ibabaw ng mga ilog, sa mga sapa at sa
mga tubigan at dalhin mo ang mga palaka doon sa lupain
ng Ehipto.'" 6 Inunat ni Aaron ang kaniyang kamay sa
ibabaw ng mga tubig ng Ehipto, at nagsilabasan ang mga
palaka at linukob ang lupain ng Ehipto. 7 Pero ang mga
salamangkero ay gumawa ng katulad din nito gamit ang
kanilang mga salamangka: nagdala rin sila ng mga palaka
sa lupain ng Ehipto. 8 Pagkatapos tinawag ni Paraon sina
Moises at Aaron at sinabi, "Manalangin kayo kay Yahweh
para paalisin niya ang mga palaka mula sa akin at sa aking
bayan. Pagkatapos hahayaan ko ang mga tao na umalis,
para maghandog sa kaniya." 9 Sinabi ni Moises kay Paraon,
"Maaari kang magkaroon ng pribilehiyo na sabihan ako kung
kailan ako magdasal para sa iyo, sa iyong mga lingkod at sa
iyong bayan, para ang mga palaka ay mawala mula sa iyo at
sa iyong mga bahay at manatili lamang doon sa ilog." 10
Sinabi ni Paraon, "Bukas." Sinabi ni Moises, "Mangyayari
ayon sa sinabi mo, para malaman mo na walang ibang
katulad ni Yahweh, ang aming Diyos. 11 Aalis ang mga
palaka mula sa iyo, sa iyong mga bahay, sa iyong mga
lingkod, at sa iyong bayan. Mananatili lamang ang mga ito
sa ilog." 12 Umalis sina Moises at Aaron mula kay Paraon.
Pagkatapos tumawag si Moises kay Yahweh tungkol sa mga
palaka na dinala niya roon kay Paraon. 13 Ginawa ni Yahweh
ang hiningi ni Moises: ang mga palaka ay namatay sa loob
ng mga bahay, mga patyo, at sa mga parang. 14 Tinipon ito
ng mga tao sa tambakan at nangamoy ang lupain. 15 Pero
nang nakita ni Paraon na mayroon doong kaginhawahan,
pinatigas niya ang kaniyang puso at hindi siya nakinig kina
Moises at Aaron, tulad ng kung ano ang sinabi ni Yahweh na
gagawin niya. 16 Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Sabihin mo
kay Aaron, 'Iunat mo ang iyong tungkod at hampasin mo
ang alikabok sa lupa, para ito ay maging niknik sa lahat
ng lupain ng Ehipto.'" 17 Ginawa nila ito: Iniunat ni Aaron
ang kaniyang kamay at ang kaniyang tungkod. Hinampas
niya ang alikabok sa lupa. Dumating ang mga niknik sa
mga tao at sa mga hayop. Lahat ng mga alikabok sa lupa
ay naging niknik sa buong lupain ng Ehipto. 18 Ang mga
salamangkero ay nagsubok gamit ang kanilang salamangka
para makagawa ng niknik, pero hindi sila nakagawa. May
mga niknik sa mga tao at mga hayop. 19 Pagkatapos sinabi
ng mga salamamgkero kay Paraon, "Ito ang daliri ng Diyos"
Pero ang puso ni Paraon ay pinatigas, kaya tumanggi siyang
makinig sa kanila. Tulad ito ng sinabi ni Yahweh na gagawin
ni Paraon. 20 Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Gumising ka
ng maaga at tumayo sa harapan ni Paraon habang siya ay
papunta ng ilog. Sabihin mo sa kaniya, 'Ito ang sinabi ni
Yahweh: "Hayaan mong umalis ang aking bayan para sila ay
sumamba sa akin. 21 Pero kung hindi mo paaalisin ang aking
bayan, magpapadala ako ng mga kuyog ng langaw sa iyo, sa
iyong mga lingkod, at sa iyong mga tauhan, at sa iyong mga
bahay. Ang mga bahay ng mga taga-Ehipto ay mapupuno
ng mga kuyog ng langaw, at kahit sa lupa kung saan sila
nakatayo ay mapupuno ng mga langaw. 22 Pero sa araw
na iyon ituturing kong kakaiba ang lupain ng Gosen, ang

lupain kung saan naninirahan ang aking bayan, para walang
mga kuyog ng langaw ang paparoon. Ito ay mangyayari
para iyong malaman na ako si Yahweh sa kalagitnaan ng
lupaing ito. **23** Gagawa ako ng pagkakakilanlan sa pagitan
ng aking bayan at ng iyong bayan. Itong tanda ng aking
kapangyarihan ay magaganap bukas."" **24** Ginawa nga ito ni
Yahweh, at ang makakapal na mga kuyog ng langaw ay
dumating sa bahay ni Paraon at sa mga bahay ng kaniyang
mga lingkod. Sa buong lupain ng Ehipto, ang lupain ay
nasalanta dahil sa mga kuyog ng langaw. **25** Tinawag ni
Paraon sina Moises at Aaron at sinabi, "Lumakad kayo,
mag-alay kayo sa inyong Diyos dito sa aming sariling lupa."
**26** Sinabi ni Moises, "Hindi tama sa amin na gawin iyan,
dahil ang mga handog na aming ginagawa para kay Yahweh
na aming Diyos ay karumal-dumal para sa mga taga Ehipto.
Kapag gumawa kami ng pag-aalay na karumal-dumal sa
paningin ng mga taga-Ehipto, hindi ba nila kami babatuhin?
**27** Hindi, ito ay tatlong araw na paglalakbay patungong ilang
na aming gagawin, para makapag-alay kay Yahweh na
aming Diyos, ayon sa kaniyang iniutos sa amin." **28** Sinabi
ni Paraon, "Papayag ako na umalis kayo at maghandog
kay Yahweh na inyong Diyos doon sa ilang. Huwag lamang
kayong pumunta sa napakalayo. At ipanalangin ninyo ako."
**29** Sinabi ni Moises, "Pagkaalis na pagkaalis ko mula sa
iyo, mananalangin ako kay Yahweh na ang mga kuyog ng
langaw ay aalis mula sa inyo, Paraon, at sa iyong mga
lingkod at sa bayan mo bukas. Pero ikaw ay hindi na dapat
manlinlang sa pamamagitan ng hindi pagpaalis sa aking
bayan para maghandog kay Yahweh." **30** Umalis si Moises
mula kay Paraon at nanalangin kay Yahweh. **31** Ginawa ni
Yahweh ang hiniling ni Moises: Inalis niya ang mga kuyog
ng langaw mula kay Paraon, sa kaniyang mga lingkod,
at sa kaniyang bayan. Wala ni isa ang natira. **32** Pero sa
panahong ito pinatigas pa rin ni Paraon ang kaniyang puso,
at hindi niya pinayagang umalis ang bayan.

**9** Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay Moises, "Pumunta ka
kay Paraon at sabihin sa kaniya, 'ang sabi ni Yahweh,
ang Diyos ng mga Hebreo: "Hayaang umalis ang aking
bayan, para sila ay sumamba sa akin". **2** Pero kung ikaw ay
tatanggi na paalisin sila, kung patuloy mo silang panatilihin,
**3** pagkatapos ang kamay ni Yahweh ay nasa inyong mga
baka na nasa bukirin at sa mga kabayo, mga asno, mga
kamelyo, mga kawan at mga tupa at magdudulot ito ng
isang matinding sakit. **4** Ituturing ni Yahweh na magkaiba
ang mga baka ng mga Israelita at ang mga baka ng taga-
Ehipto: walang hayop na pag-aari ng mga Israelita ang
mamamatay. **5** Nagtakda si Yahweh ng isang panahon;
kaniyang sinabi, "Gagawin ko bukas ang bagay na ito sa
lupain. **6** Ito ang ginawa ni Yahweh sa sumunod na araw:
namatay ang lahat ng mga baka sa Ehipto. Pero wala ni
isa sa mga hayop ng mga Israelita ang namatay, wala ni
isang hayop. **7** Nagsaliksik si Paraon, at nakita, wala ni
isang hayop ng mga Israelita ang namatay. Pero matigas
ang kaniyang puso, kaya hindi niya hinayaang umalis ang
bayan. **8** Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay Moises at kay
Aaron, "Kumuha kayo ng ilang dakot ng mga abo mula sa
isang hurno. Ikaw, Moises, dapat mong ihagis ang mga abo
sa hangin habang nanonood si Paraon. **9** Magiging pinong
alikabok na kakalat sa buong lupain ng Ehipto. Magdudulot
ng mga pigsa at pamamaga na siyang kakalat sa mga tao at
mga hayop sa buong lupain ng Ehipto. **10** Kaya kumuha
si Moises at Aaron ng mga abo na mula sa isang hurno
at tumayo sa harapan ni Paraon. Pagkatapos, inihagis ni
Moises ang mga abo sa hangin. Nagdulot ang mga abo
ng pigsa at pamamaga na siyang kumalat sa mga tao at
mga hayop. **11** Hindi mapigilan ng mga salamangkero si
Moises dahil sa mga pigsa; dahil nagkaroon din sila ng
mga pigsa maging ang lahat ng ibang mga taga-Ehipto. **12**
Pinatigas ni Yahweh ang puso ni Paraon, kaya hindi nakinig
si Paraon kina Moises at Aaron. Ito mismo ang sinabi ni
Yahweh kay Moises na gagawin ng Paraon. **13** Pagkatapos
sinabi ni Yahweh kay Moises, "Gumising ka ng maaga,
tumayo ka sa harapan ni Paraon, at sabihin sa kaniya, 'si
Yahweh, ang Diyos ng mga Hebreo, sinasabi ito: "Hayaan
mong umalis ang aking bayan para maari silang sumamba
sa akin. **14** Sa oras na ito ipapadala ko ang lahat ng mga
salot sa iyo mismo, sa iyong mga lingkod at sa iyong bayan.
Gagawin ko ito para malaman mo na walang sinuman ang
katulad ko dito sa buong mundo. **15** Sa ngayon maaari kung
iunat ang aking kamay at lusubin ka at ang iyong bayan ng
sakit, at kayo ay lipulin mula sa lupain. **16** Pero sa ganitong
kadahilanan hinayaan ko kayong makaligtas: para maipakita
ang aking kapangyarihan, nang sa ganoon maipahayag
ko sa lahat ng panig ng mundo ang aking pangalan. **17**
Patuloy mong itinataas ang iyong sarili laban sa aking bayan
sa pamamagitan ng hindi mo pagpayag na paalisin sila.
**18** Makinig! Bukas sa ganito ring oras magdadala ako ng
isang napakalakas na ulang may yelo, pangyayari na hindi
pa nakikita sa Ehipto mula sa unang araw nito hanggang
ngayon. **19** Kaya ngayon, magpadala ka ng mga lalaki at
ipunin sa ligtas na lugar ang iyong mga baka at ang lahat ng
mayroon ka sa iyong bukid sa ligtas na lugar. Ang bawat tao
at hayop na nasa bukid at hindi dinala sa bahay—babagsak
sa kanila ang ulang may yelo, at mamamatay sila."'" **20**
Pagkatapos ang mga lingkod ni Paraon na naniwala sa
mensahe ni Yahweh, ay nagmadali na dalhin ang kanilang
mga alipin at mga baka sa kanilang mga bahay. **21** Pero ang
mga hindi magseryoso ng mensahe ni Yahweh ay iiwan

ang kanilang mga alipin at mga baka sa mga bukid. 22
Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay Moises, “Iunat mo ang
iyong kamay patungo sa kalangitan para magkaroon ng
ulang may yelo sa lahat ng lupain ng Ehipto, sa bayan, sa
mga hayop at sa lahat ng mga halaman sa mga bukid sa
buong lupain ng Ehipto.” 23 Iniunat ni Moises ang kaniyang
tungkod patungo sa kalangitan, at nagpadala si Yahweh
ng kulog, ulang may yelo at kidlat sa lupa. Pinaulanan din
niya ng yelo ang lupain ng Ehipto. 24 Kaya nagkaroon ng
ulan at kidlat na may kasamang yelong ulan, napakalubha,
bagay na hindi pa nangyayari sa buong lupain ng Ehipto
mula nang ito ay maging isang bansa. 25 Sa buong lupain
ng Ehipto, tumama ang ulang ay yelo sa lahat ng bagay
na nasa mga bukid, sa kapwa mga tao at mga hayop.
Tumama ito sa bawat halaman na nasa mga bukid at sinira
ang bawat punongkahoy. 26 Doon lamang sa lupain ng
Gosen, kung saan nakatira ang mga Israelita, hindi umulan
ng yelo. 27 Pagkatapos nagpadala ang Paraon ng mga tao
para ipatawag sina Moises at Aaron. Sinabi niya sa kanila,
“Nagkasala ako sa oras na ito. Si Yahweh ay matuwid at ako
at ang aking bayan ay masasama. 28 Magdasal kayo kay
Yahweh, dahil ang napakalakas na mga kidlat at ulang may
yelo ay sobra na. Papaalisin ko na kayo at hindi na kayo titira
dito. 29 Sinabi ni Moises sa kaniya, “Sa oras na umalis ako
sa lungsod, ilalatag ko ang aking mga kamay kay Yahweh.
Titigil na ang kulog at wala ng anumang ulang may yelo. Sa
ganitong paraan malalaman mo na pag-aari ni Yahweh ang
mundo. 30 Pero para sa iyo at sa iyong mga lingkod, alam
ko na hindi niyo talaga ginagalang si Yahweh na Diyos.”
31 Ngayon ang mga lino at sebada ay nasira, dahil ang
uhay magulang na sa tangkay at namumulaklak na ang lino.
32 Pero ang trigo at ang espelta ay hindi nasalanta dahil
huli itong tumubo. 33 Nang umalis si Moises kay Paraon
at sa lungsod, inilatag niya ang kaniyang mga kamay kay
Yahweh; tumigil ang kulog at ulang may yelo, at ang ulan
ay hindi na bumuhos pa. 34 Nang nakita ni Paraon na ang
ulan, ang ulang may yeloo at kulog ay humupa na, muling
nagkasala siya at pinatigas ang kaniyang puso, kasama ang
kaniyang mga lingkod. 35 Pinatigas ang puso ni Paraon,
kaya hindi niya pinayagang umalis ang bayan ng Israel.
Ito ang paraan na sinabi ni Yahweh kay Moises na ito ang
gagawin ni Paraon.

**10** Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Puntahan mo ang
Paraon, dahil pinatigas ko ang kaniyang puso at ang
mga puso ng kaniyang mga lingkod. Ginawa ko ito para
maipakita ang mga palatandaan ng aking kapangyarihan
sa kanila. 2 Ginawa ko rin ito para maikuwento mo sa
iyong mga anak at mga apo ang mga bagay na ginawa
ko, kung paano ko pinagmalupitan ang Ehipto, at kung
paano ko binigay ang iba't-ibang mga palatandaan ng aking
kapangyarihan sa kanila. Sa ganitong paraan malalaman mo
na ako si Yahweh.” 3 Kaya pumunta sina Moises at Aaron
sa Paraon at sinabi sa kaniya, “Sinabi ito ni Yahweh, ang
Diyos ng mga Hebreo: 'Hanggang kailan mo tatanggihan ang
pagpapakumbaba ng iyong sarili sa aking harapan? Hayaan
mo nang umalis ang aking bayan para sumamba sila sa
akin. 4 Pero kung tatanggihan mo na paalisin ang aking
bayan, makinig ka, bukas magpapadala ako ng mga balang
sa iyong lupain. 5 Tatakpan nila ang ibabaw ng lupain nang
wala ni isang makakakita ng lupa. Kakainin nila ang mga tira
ng anumang nakaligtas mula sa ulang may yelo. Kakainin
din nila ang bawat puno na tumutubo para sa inyo sa mga
bukid. 6 Pupunuin nila ang inyong mga tahanan, iyong lahat
ng mga lingkod, at lahat ng mga taga-Ehipto—bagay na
hindi pa kailanman nakita ng iyong ama maging ng iyong
lolo, hindi pa kailanman nasaksihan mula noong araw na
nasa mundo na sila hanggang sa kasalukuyan.'” Pagkatapos
umalis si Moises at lumabas mula sa harap ni Paraon. 7
Sinabi ng mga lingkod ni Paraon sa kaniya, “Gaano ba
katagal na magiging pahamak ang taong ito sa atin? Hayaan
mo nang umalis ang mga Israelita para makasamba kay
Yahweh na kanilang Diyos. Hindi mo pa ba napagtanto
na wasak na ang Ehipto?” 8 Muling dinala sina Moises
at Aaron sa Paraon, na siyang nagsabi sa kanila, “Sige,
sambahin ninyo si Yahweh na inyong Diyos. Pero anong
klaseng mga tao ba ang aalis?” 9 Sinabi ni Moises, “Aalis
kami na kasama ang aming mga kabataan at ang aming
mga matatanda, kasama ang aming mga anak na lalaki at
mga anak na babae. Dadalhin din namin ang mga kawan at
mga baka, dahil kailangan naming magdiwang para kay
Yahweh.” 10 Sinabi ng Paraon sa kanila, “Nawa'y samahan
nga kayo ni Yahweh, kung sakali na paaalisin ko kayo at ang
inyong maliliit na mga bata. Tingnan niyo, may sa kasamaan
kayong iniisip. 11 Hindi! Lumakad kayo, ang mga lalaki
lamang na nasa inyo at sambahin si Yahweh, dahil iyan ang
gusto ninyo.” Pagkatapos pinaalis sina Moises at Aaron sa
harapan ni Paraon. 12 Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay
Moises, “Iunat mo ang iyong mga kamay at ituon sa buong
lupain ng Ehipto, at sa mga balang para lusubin nila ang
lupain ng Ehipto at kainin ang bawat tanim na naroroon,
lahat ng mga natira mula sa ulang may yelo.” 13 Iniunat ni
Moises ng kaniyang tungkod sa buong lupain ng Ehipto, at
nagdala si Yahweh ng silangang hangin sa lupain sa buong
araw na iyon at sa buong gabi. Kinaumagahan, nagdala
ang silangang hangin ng mga balang. 14 Pumunta ang mga
balang sa buong lupain ng Ehipto at pinugaran ang lahat
ng bahagi nito. Napakaraming mga balang na kailanman
ay hindi pa nakarating sa lupain at hindi na mauulit pa. 15

Tinakpan nila ang ibabaw ng buong lupain sa gayon nagdilim
ito. Kinain nila ang bawat halaman na nasa lupain at ang
lahat ng bunga ng mga punongkahoy na natira ng ulang
may yelo. Walang natirang buhay na berdeng halaman o
anumang punongkahoy o halaman sa mga bukid sa lahat ng
lupain ng Ehipto. **16** Pagkatapos mabilis na pinatawag ng
Paraon sina Moises at Aaron at sinabing, “Nagkasala ako
laban kay Yahweh na inyong Diyos at laban sa inyo. **17** Kaya
ngayon, patawarin ninyo ako sa aking kasalanan sa oras
na ito, at idalangin ninyo kay Yahweh na inyong Diyos na
kaniyang alisin ang kamatayang ito mula sa akin.” **18** Kaya
lumabas si Moises mula sa harap ng Paraon at nanalangin
kay Yahweh. **19** Dinala ni Yahweh ang napakalakas na
kanlurang hangin na dumampot sa mga balang at itinangay
sila patungo sa Dagat ng mga Tambo; Wala ni isang balang
ang natira sa buong lupain ng Ehipto. **20** Pero pinatigas
ni Yahweh ang puso ni Paraon, at hindi pinaalis ni Paraon
ang mga Israelita. **21** Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay
Moises, “Iunat mo ang iyong kamay patungo sa kalangitan,
para magkaroon ng kadiliman sa buong lupain ng Ehipto,
kadiliman na maaaring madama.” **22** Iniunat ni Moises ang
kaniyang kamay patungo sa kalangitan at nagkaroon ng
makapal na kadiliman sa buong lupain ng Ehipto sa loob
ng tatlong araw. **23** Wala ni isang nakakakita ng sinuman;
wala ni isang lumisan sa kanilang mga tirahan sa loob
ng tatlong araw. Pero, mayroong ilaw ang lahat ng mga
Israelita, sa lugar kung saan sila nakatira. **24** Pinatawag ng
Paraon si Moises at sinabing, “Lumakad kayo at sambahin si
Yahweh. Maaari na ring sumama sa inyo maging ang inyong
mga pamilya, pero dapat maiwan ang inyong mga kawan
at mga grupo ng mga hayop.” **25** Pero sinabi ni Moises,
“Kailangan mo rin magbigay ng mga hayop para sa mga
alay at sunog na mga handog para maihandog namin kay
Yahweh na aming Diyos. **26** Kailangan din naming isama
ang aming mga baka; wala ni isang paa nila ang maiiwan,
dahil kailangan namin silang dalhin para sa pagsamba
kay Yahweh na aming Diyos. Dahil hindi namin alam kung
ano ang aming kakailanganin sa pagsamba kay Yahweh
hanggang sa makarating kami roon.” **27** Pero pinatigas ni
Yahweh ang puso ng Paraon at hindi niya sila hinayaang
umalis. Sinabi ng Paraon kay Moises, **28** “Lumayo kayo
sa akin! Mag-ingat sa isang bagay, nang hindi mo na ako
muling makita, dahil sa araw na makita mo ang aking mukha,
mamamatay ka.” **29** Sinabi ni Moises, “Ikaw na mismo ang
nagsalita. Hindi ko na muling makikita ang iyong mukha.”

**11** Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay Moises, “Mayroon
pa rin akong isang salot na dadalhin kay Paraon at
sa Ehipto. Pagkatapos niyan, papayagan na niya kayong
makaalis mula rito. Kapag ganap na pinayagan na niya
kayong makaalis, itataboy niya kayo ng tuluyan. **2** Turuan mo
ang mga tao na ang bawat mga lalaki at babae ay humingi
sa kanilang kapitbahay ng mga hiyas na pilak at mga hiyas
na ginto.” **3** Ngayon ginawang masabik ni Yahweh ang mga
taga-Ehipto para malugod ang mga Israelita. Bukod dito, ang
tauhan ni Moises ay talagang kahanga-hanga sa paningin
ng mga alipin ni Paraon at mga tao sa Ehipto. **4** Sinabi ni
Moises. “Ito ang mga sinabi ni Yahweh: 'Pupunta ako sa
buong Ehipto ng hating gabi. **5** Mamamatay ang lahat ng
panganay sa lupain ng Ehipto, mula sa panganay ni Paraon,
na nakaupo sa kaniyang trono, hanggang sa panganay
ng aliping babae na siyang nasa likod ng gilingan ng trigo
nito, at sa lahat ng panganay ng mga baka. **6** Pagkatapos
magkakaroon ng isang matinding iyakan sa buong lupain ng
Ehipto, tulad ng hindi pa kailanman nangyari at hindi na
kailanman mangyayaring muli. **7** Pero kahit hindi tumahol
ang isang aso laban sa alinmang taga-Israel, sinuman
laban sa tao o hayop. Sa ganitong paraan malalaman ninyo
ang pagkakaiba ng pagtrato ko sa mga taga-Ehipto at sa
mga Israelita.' **8** Lahat ng mga alipin mong ito, Paraon
ay magpapakumbaba at luluhod sa akin. Sasabihin nila,
'Umalis na kayo at sa lahat ng mga taong sumusunod sa
iyo!' Pagkatapos lalabas ako.” Pagkatapos umalis siya mula
kay Paraon na may matinding galit. **9** Sinabi ni Yahweh kay
Moises, “Hindi makikinig si Paraon sa iyo. Ito ay mangyari
para makagawa ako ng maraming kamangha-manghang
mga bagay sa lupain ng Ehipto.” **10** Ginawa lahat nina
Moises at Aaron ang mga kababalaghan sa harapan ni
Paraon. Pero pinatigas ni Yahweh ang puso ni Paraon, at
hindi pinayagan ni Paraon na makaalis ang mga Israelita sa
kaniyang lupain.

**12** Nakipag-usap si Yahweh kina Moises at Aaron sa
lupain ng Ehipto. Sinabi niya, **2** “Para sa inyo, ang
buwan na ito ay magiging simula ng mga buwan, ang unang
buwan ng taon sa inyo. **3** Sabihan ang kapulungan ng Israel,
'Sa ikasampung araw ng buwan na ito dapat kumuha ang
bawat isa ng isang tupa o batang kambing para sa kanilang
mga sarili, gagawin ito ng bawat pamilya, isang tupa para sa
bawat sambahayan. **4** Kung ang sambahayan ay napakaliit
para sa isang tupa, ang tao at sa kaniyang kapitbahay ay
kukuha ng tupa o karne ng batang kambing na sapat para
sa bilang ng tao. Dapat ito ay sapat para sa bawat isa na
kakain, kaya kailangan nilang kumuha ng sapat na karne
para ipakain sa kanilang lahat. **5** Ang inyong tupa o batang
kambing ay dapat walang kapintasan, isang taong gulang na
lalaki. Maaari ninyong kunin ang isa sa tupa o mga kambing.
**6** Kailangan ninyong ingatan ito hanggang sa ikalabing-
apat na araw sa buwan na iyon. Pagkatapos kailangang
papatayin ang mga hayop na ito ng buong kapulungan ng

Israel sa takip-silim. 7 Kailangan ninyong kumuha ng ilang
dugo at ipahid sa dalawang magkabilang poste ng pintuan
at sa itaas ng balangkas ng pintuan ng mga bahay na kung
saan kakainin ninyo ang karne. 8 Dapat ninyong kainin
ang karne sa gabing iyon, pagkatapos na ihawin ito sa
apoy. Kainin ninyo ito ng may tinapay na walang lebadura,
kasama ang mga mapapait na damong-gamot. 9 Huwag
ninyong kainin itong hilaw o pinakuluan sa tubig. Sa halip,
ihawin ninyo ito sa apoy kasama ang ulo, mga binti at ng
lamang-loob. 10 Huwag ninyong hayaan na may matira nito
hanggang umaga. Dapat ninyong sunugin ito anuman ang
natira sa umaga. 11 Ganito dapat kung paano ninyo ito
kakainin: Suot ang inyong sinturon sa inyong baywang, ang
inyong mga sapatos sa inyong paa, at inyong tungkod sa
kamay. Kailangan ninyong kainin ito ng mabilisan. Ito ang
Paskua ni Yahweh. 12 Sinabi ito ni Yahweh: Pupunta ako
sa buong lupain ng Ehipto sa gabing iyon at sasalakayin
ang lahat ng mga panganay na anak ng tao at ng hayop sa
lupain ng Ehipto. Dadalhin ko ang kaparusahan sa lahat
ng mga diyos ng Ehipto. Ako ay si Yahweh. 13 Ang dugo
ay magiging isang palatandaan sa inyong mga tahanan
para sa pagdating ko sa inyo. Kapag nakita ko ang dugo,
lalagpasan ko lang kayo kapag sinalakay ko ang lupain ng
Ehipto. Ang salot na ito ay hindi dadapo sa inyo at wawasak
sa inyo. 14 Ang araw na ito ay magiging araw ng pag-alaala
para sa inyo, kung saan dapat ninyong sundin bilang isang
pista para kay Yahweh. Ito ay mananatiling isang batas
para sa inyo, sa lahat ng inyong mga salinlahi, na dapat
ninyong sundin ngayong araw. 15 Kakain kayo ng tinapay na
walang lebadura sa loob ng pitong araw. Sa unang araw
aalisin ninyo ang lebadura mula sa inyong mga tahanan. Ang
sinumang kakain ng may lebadurang tinapay mula sa unang
araw at hanggang sa ika-pitong araw, ang taong ito ay dapat
itiwalag mula sa Israel. 16 Sa unang araw magkakaroon
ng isang pagpupulong para ilaan sa akin, at sa ika-pitong
araw magkakaroon ng ibang ganoong pagtitipon. Walang
trabahong gagawin sa mga araw na ito, maliban sa pagluluto
para sa makakain ng lahat. Iyon lang dapat ang trabaho
na maaari ninyong gawin. 17 Dapat ninyong pagmasdan
ang Pista ng Tinapay na walang Lebadura dahil sa araw
na ito dadalhin ko ang inyong bayan, armadong grupo sa
armadong grupo, palabas sa lupain ng Ehipto. Kaya dapat
ninyong sundin ang araw na ito sa lahat ng salinlahi ng
inyong bayan. Ito ay mananatiling isang batas para sa inyo.
18 Dapat kayong kumain ng tinapay na walang lebadura mula
sa takipsilim ng ikalabing-apat na araw ng unang buwan ng
taon, hanggang sa takipsilim ng ikadalawampu't isang araw
ng buwan. 19 Sa loob ng pitong araw na ito, dapat walang
lebadura ang makikita sa loob ng inyong mga tahanan.
Kung sinuman ang kakain ng tinapay na may lebadura
ay dapat itiwalag sa komunidad ng Israel, kahit na ang
taong iyon ay isang dayuhan o isang taong ipinanganak sa
inyong lupain. 20 Dapat kayong kumain ng walang lebadura.
Saanman kayo manirahan, dapat kayong kumain ng tinapay
na walang lebadura.'" 21 Pagkatapos ipinatawag lahat ni
Moises ang mga matatanda sa Israel at sinabi sa kanila,
"Lumakad kayo at pumili ng mga tupa o mga maliliit na
kambing na sapat para maipakain sa inyong mga pamilya at
papatayin ang Paskuang tupa. 22 Pagkatapos kumuha ng
isang bigkis ng hisopo at isawsaw sa dugo na nasa isang
palanggana. Ipahid ang dugo na nasa palanggana sa itaas
ng balangkas ng pinto sa dalawang magkabilang poste.
Wala sa inyo ni isa ang lalabas ng pintuan ng kaniyang
tahanan hanggang sa umaga. 23 Dahil si Yahweh ay dadaan
para salakayin ang mga taga-Ehipto. Kapag nakita niya
ang dugo sa itaas ng inyong balangkas at sa dalawang
magkabilang poste, lalagpasan niya lamang ang inyong
pintuan at hindi niya pahihintulutan ang tagawasak na
makapasok sa inyong tahanan para kayo ay salakayin. 24
Dapat ninyong ipagdiwang ang pangyayaring ito. Ito ay
mananatiling isang batas para sa inyo at sa inyong mga
kaapu-apuhan. 25 Kung kayo ay papasok sa lupain na
ibibigay ni Yahweh sa inyo, tulad ng ipinangako niyang
gagawin, dapat ninyong sundin ang pagsambang gawain
na ito. 26 Kapag nagtanong ang inyong mga anak, 'Ano
ang ibig sabihin ng kilos na pag-sambang ito?' 27 At dapat
ninyong sabihin, 'Ito ay sakripisyo sa Paskua ni Yahweh,
dahil nilagpasan lang ni Yahweh ang mga tahanan ng mga
Israelita sa Ehipto nang sinalakay niya ang mga taga-Ehipto.
Pinalaya niya ang aming sambahayan.'" Pagkatapos ang
bayan ay yumuko at sumamba kay Yahweh. 28 Umalis ang
mga Israelita at ganap na ginawa kung ano ang iniutos
ni Yahweh kina Moises at Aaron. 29 Ito ay nangyari ng
hatinggabi ng sinalakay ni Yahweh ang lahat ng panganay
sa lupain ng Ehipto, mula sa panganay ni Paraon, na
nakaupo sa kaniyang trono, hangang sa panganay ng taong
nasa kulungan at sa lahat ng panganay ng mga baka. 30
Nagising si Paraon sa gabing iyon—siya, at ang lahat ng
kaniyang alipin, at lahat ng mga taga-Ehipto. Nagkaroon ng
malakas na pagdadalamhati sa Ehipto, dahil wala ni isang
tahanan ang naroroon ang walang namatay. 31 Pinatawag ni
Paraon sina Moises at Aaron sa gabing iyon at sinabing,
"Tumayo kayo at lumayas mula sa bayan ko, kayo at ang
mga Israelita. Umalis na kayo, at sumamba kay Yahweh,
gaya ng sinabi ninyo na nais ninyong gawin. 32 Kunin na
ninyo ang mga alagang hayop at mga kawan, tulad ng sinabi
ninyo, at alis na, at pagpalain ninyo rin ako." 33 Ang mga
taga-Ehipto ay nasa isang matinding pagmamadali para

ipadala sila palabas ng lupain, dahil sinabi nila, “Lahat tayo
ay taong patay na.” **34** Kaya kinuha ng mga tao ang kanilang
masa na walang idinagdag na lebadura. Ang kanilang
pinagmamasahang mangkok ay binalot nila sa kanilang mga
damit na nakalagay sa kanilang mga balikat. **35** Ginawa
ngayon ng bayang Israelita ang ayon sa sinabi ni Moises sa
kanila. Humingi sila sa mga taga-Ehipto ng mga hiyas na
pilak, ginto at damit. **36** Ginawang sabik ni Yahweh ang mga
taga-Ehipto para malugod ang mga Israelita. Kaya binigay
ng mga taga-Ehipto ang anumang hingin nila. Sa ganitong
paraan, nakuha ng mga Israelita ang yaman ng mga taga-
Ehipto. **37** Naglakbay ang mga Israelita mula sa Rameses
hanggang Sucot. Ang kanilang bilang ay 600, 000 na mga
lalaki, dagdag pa rito ang mga babae at mga bata. **38** Isang
halu-halong pangkat ng hindi Israelita ay sumama rin sa
kanila, kasama ang kanilang mga alagang hayop at mga
kawan, isang malaking bilang ng mga baka. **39** Naghurno
sila ng tinapay na walang lebadura sa ilalim ng masa na
dinala nila mula sa Ehipto. Ito ay walang lebadura dahil sila
ay pinalayas sa Ehipto at hindi maaaring ipagpaliban ang
paghahanda ng pagkain. **40** Ang mga Israelita ay nanirahan
sa Ehipto sa loob ng 430 na taon. **41** Matapos ang 430 na
taon, sa araw ding iyon, lahat ng mga armadong grupo ni
Yahweh ay umalis palabas mula sa lupain ng Ehipto. **42** Ito
ay isang gabing dapat manatiling gising, para ilabas sila ni
Yahweh mula sa lupain ng Ehipto. Ito ay gabi ni Yahweh
na dapat ipagdiwang ng lahat ng mga Israelita sa lahat ng
salinlahi ng kanilang bayan. **43** Sinabi ni Yahweh kina Moises
at Aaron, “Ito ang mga alituntunin para sa Paskua: walang
dayuhan ang maaaring makibahagi sa pagkain na ito. **44**
Kahit na, ang bawat alipin ng mga Israelita, na binili ng pera,
ay maaaring makakain nito matapos ninyo silang tuliin. **45**
Hindi makakain ang mga dayuhan at upahang lingkod ng
alinmang pagkain. **46** Dapat kainin ang pagkain sa isang
bahay. Huwag kayong magdadala ng anumang karne sa
labas ng inyong bahay, at hindi ninyo dapat baliin ang kahit
anumang buto nito. **47** Dapat obsebahan ng lahat ng mga
komunidad ng Israel ang pagdiriwang. **48** Kapag maninirahan
ang isang dayuhan sa inyo at gustong obserbahan ang
Paskua para kay Yahweh, lahat ng kaniyang lalaking kamag-
anak ay dapat tuliin. Pagkatapos siya ay maaaring dumating
at sundin ito. Siya ay magiging katulad ng mga taong
ipinanganak sa lupain. Ganun pa man, walang sinumang
taong hindi tuli ang makakakain ng anumang pagkain. **49**
Parehong batas ang siyang gagamitin sa kapwa katutubo o
dayuhan na naninirahan kasama ninyong lahat.” **50** Kaya
sinunod ng lahat ng mga Israelita nang lubusan ang iniutos
ni Yahweh kina Moises at Aaron. **51** Dumating ang araw na
iyon na dinala ni Yahweh ang Israel palabas sa lupain ng
Ehipto sa pamamagitan ng kanilang mga armadong grupo.

**13** Nagsalita si Yahweh kay Moises at sinabing, **2** “Ilaan sa
akin ang lahat ng mga panganay, ang bawat panganay
na lalaki ng mga Israelita, kapwa mula sa mga tao at sa mga
hayop. Pagmamay-ari ko ang mga panganay.” **3** Sinabi ni
Moises sa mga tao, “Alalahanin ninyo ang araw na ito, ang
araw kung saan kayo nakalabas mula sa Ehipto, nakalabas
mula sa bahay ng pagkakaalipin, dahil nakalabas kayo mula
sa lugar na ito sa pamamagitan ng malakas na kamay
ni Yahweh. Walang tinapay na may halong lebadura ang
kakainin. **4** Lalabas kayo mula sa Ehipto sa araw na ito,
sa buwan ng Abib. **5** Dapat ninyong sundin ang ganitong
pamamaraan ng pagsamba sa buwan na ito kapag dinala na
kayo ni Yahweh sa lupain ng mga Cananeo, Heteo, Amoreo,
Hivita at Jebuseo, ang lupain na kaniyang ipinangako na
ibibigay sa inyong mga ninuno, isang lupain na umaagos
ng gatas at pulot. **6** Sa loob ng pitong araw dapat kayong
kumain ng tinapay na walang lebadura; Sa ikapitong araw
magkakaroon ng pista sa karangalan ni Yahweh. **7** Tinapay
na walang lebadura ang dapat kainin sa loob ng pitong
araw; dapat walang tinapay na may lebadura ang makikita
sa gitna ninyo. Dapat walang lebadurang makikita sa inyo
sa loob ng inyong mga kinasasakupan. **8** Sa araw na iyon
sasabihan ninyo ang inyong mga anak, 'Dahil ito ang ginawa
ni Yahweh para sa akin nang lumabas ako mula sa Ehipto.'
**9** Magsisilbi itong paalala para sa inyo sa inyong kamay,
at isang paalala sa inyong noo. Para mapasainyong bibig
itong batas ni Yahweh, dahil nakalabas kayo mula sa Ehipto
sa pamamagitan ng malakas na kamay ni Yahweh. **10**
Kaya dapat ninyong sundin ang batas na ito sa itinakdang
panahon taun-taon. **11** Kapag dadalhin na kayo ni Yahweh
sa lupain ng Cananeo, na kaniyang ipinangako sa inyo at sa
inyong mga ninuno, at kapag ibinigay niya na ang lupain sa
inyo, **12** kinakailangan ninyong ilaan sa kaniya ang lahat ng
inyong mga panganay na anak at ang lahat ng mga unang
ipinanganak ng inyong mga hayop. Kay Yahweh ang mga
lalaki. **13** Kailangan mong bilhin pabalik ang bawat unang
ipinanganak na asno kasama ang isang tupa. Kapag hindi
mo ito bibilhin pabalik, dapat mong baliin ang leeg nito.
Pero ang bawat panganay sa inyong mga lalaki sa lahat ng
inyong mga anak na lalaki—kailangan ninyo silang bilhin
pabalik. **14** Sa darating na panahon, kapag nagtanong ang
iyong anak na lalaki, “Ano ang ibig sabihin nito?' pagkatapos
sabihin mo sa kaniya, 'Nakalabas tayo mula sa Ehipto sa
pamamagitan ng lakas ng kamay ni Yahweh, mula sa bahay
ng pagkaalipin. **15** Nang nagmamatigas na tinanggihan
ng Paraon ang pagpapaalis sa amin, pinatay ni Yahweh
ang lahat ng mga panganay sa buong lupain ng Ehipto,

kapwa panganay na anak ng mga tao at ang panganay
na anak ng mga hayop. Kung kaya bakit ako nag-aalay
kay Yahweh ng mga panganay ng bawat hayop, at kung
kaya bakit ko binibili pabalik ang aking mga panganay na
lalaki.' 16 Magiging paalala ito sa iyong mga kamay, at
paalala sa iyong noo, dahil nakalabas tayo mula sa Ehipto
sa pamamagitan ng lakas ng kamay ni Yahweh." 17 Nang
pinayagan ni Paraon na umalis ang mga tao, hindi sila
pinangunahan ng Diyos sa landas patungo sa lupain ng mga
Palestina, kahit pa malapit ang lupain. Dahil sinabi ng Diyos,
"Marahil magbabago ang mga tao ng kanilang mga isipan
kapag nakaranas sila ng digmaan at pagkatapos babalik sa
Ehipto. 18 Kaya pinatnubayan ng Diyos ang mga tao paikot
sa may ilang patungo sa Dagat ng mga Tambo. Umakyat
ang mga Israelita papalabas mula sa Ehipto na armado para
sa pakikipaglaban. 19 Dinala ni Moises ang mga buto ni
Jose, dahil taimtim na pinanumpa ni Jose ang mga Israelita
at sinabing, "Siguradong ililigtas kayo ng Diyos, at kailangan
ninyong dalhin papalayo ang aking mga buto kasama ninyo."
20 Naglakbay ang mga Israelita mula sa Sucot at nagkampo
sa Etam sa paligid ng ilang. 21 Sumabay si Yahweh sa
kanila bilang isang haligi na ulap sa umaga para manguna
sa kanilang landas. At sa gabi bilang isang haligi na apoy
para bigyan sila ng ilaw. 22 Hindi inaalis ni Yahweh mula
sa harapan ng mga tao ang pang-araw na haligi na ulap
maging ang pang-gabi na haligi na apoy.

**14** Kinausap ni Yahweh si Moises: 2 "Sabihin mo sa
mga Israelita na sila ay bumalik at magkampo sa
Pi Hahirot, sa pagitan ng Migdol at ng dagat, bago ang
Baal Zefon. Kayo ay magkakampo sa tabing dagat at sa
tapat ng Pi Hahirot. 3 Sasabihin ni Paraon ang tungkol sa
mga Israelita, 'Naliligaw sila sa mga lupain. Sinara sila ng
ilang. 4 Papatigasin ko ang puso ni Paraon, at hahabulin ko
sila. Makakakuha ako ng parangal dahil kay Paraon at sa
kaniyang mga hukbo. Malalaman ng mga taga-Ehipto na
ako ay si Yahweh." Kaya ang mga Israelita ay nagkampo
dahil sa iniutos sa kanila. 5 Nang sinabihan ng hari ng
Ehipto na ang mga Israelita ay nakatakas, ang isipan ni
Paraon at ng kaniyang mga lingkod ay bumaliktad laban sa
bayan. Sinabi nila, "Anong ginawa natin at hinayaan nating
makalaya ang mga Israelita mula sa pagtrabaho para sa
atin?" 6 Pagkatapos kinuha ni Paraon ang kaniyang karwahe
at kasama niya ang kaniyang mga hukbo. 7 Isinama niya
ang piniling animnaraang karwahe at ang lahat ng ibang
mga karwahe ng Ehipto, ang lahat ng mga pinuno sa kanila.
8 Pinatigas ni Yahweh ang puso ni Paraon, hari ng Ehipto, at
hinabol niya ang mga Israelita. Ngayon nakaalis ang mga
Israelita nang matagumpay. 9 Pero hinabol sila ng mga taga-
Ehipto kasama ng kanilang mga kabayo at mga karwahe,
mga nangangabayo at ang kaniyang mga hukbo. Inabutan
nila ang mga Israelita na nagkakampo sa tabing dagat ng Pi
Hahirot, bago ang Baal Zefon. 10 Nang malapit na si Paraon,
ang mga Israelita ay tumingala at nabigla. Naglalakad ang
mga taga-Ehipto patungo sa kanila at sila ay natakot. Umiyak
ang mga Israelita kay Yahweh. 11 Sinabi nila kay Moises,
"Dahil wala na bang mapaglilibingan sa amin sa Ehipto kaya
mo kami dinala sa ilang para dito mamatay? Bakit itinuring
mo kami ng ganito, dinala mo kami palabas sa Ehipto?
12 Hindi ba ito ang sinabi namin sa iyo sa Ehipto? Sinabi
namin sa iyo, 'Iwanan kami dito, para makapagtrabaho
kami sa mga taga-Ehipto. Mas mabuti pa sa amin ang
magtrabaho para sa kanila kaysa kami ay mamatay dito sa
ilang.'" 13 Sinabi ni Moises sa mga tao, "Huwag kayong
matakot. Manatili at tingnan ninyo ang pagliligtas ni Yahweh
na ibibigay sa inyo ngayon. Dahil hindi ninyo na makikita
muli ang mga taga-Ehipto na nakikita ninyo ngayon. 14
Si Yahweh ay makikipaglaban para sa inyo, at kailangan
lang ninyong manatili. 15 Pagkatapos sinabi ni Yahweh
kay Moises, "Bakit ikaw, Moises, patuloy na tumatawag
sa akin? Sabihan mo ang mga Israelita na magpatuloy sa
pagsulong. 16 Itaas mo ang iyong tungkod, iunat mo sa
pamamagitan ng iyong kamay sa ibabaw ng dagat at hatiin
mo ito sa dalawa, para ang bayan ng Israel ay makarating sa
dagat sa tuyong lupa. 17 Tandaan mo na patitigasin ko ang
puso ng mga taga-Ehipto para sila ay tugisin. Makakakuha
ako ng parangal dahil kay Paraon at sa lahat ng kaniyang
hukbo, mga karwahe at ang kaniyang mga nangangabayo.
18 Pagkatapos malalaman ng mga taga-Ehipto na ako ay
si Yahweh at makakakuha ako ng karangalan nang dahil
kay Paraon, sa kaniyang mga karwahe at sa kaniyang
mga nangangabayo." 19 Ang anghel ng Diyos, ang siyang
pumunta sa mga Israelita, kumilos at nagpunta sa kanilang
likuran. Ang haligi ng ulap ay kumilos mula sa kanila at
pumunta at tumayo sa kanilang likuran. 20 Dumating ang
ulap sa pagitan ng kampo ng Ehipto at sa kampo ng Israel.
Isang madilim na ulap sa mga taga-Ehipto pero inilawan
naman ang gabi para sa mga Israelita. Kaya hindi nakalapit
ang isang panig sa kabila buong gabi. 21 Iniunat ni Moises
ang kaniyang kamay sa ibabaw ng dagat. Pinabalik ni
Yahweh ang dagat sa pamamagitan ng isang malakas na
hanging silangan sa buong gabing iyon at ginawang tuyong
lupa. Sa ganitong paraan nahati ang tubig. 22 Ang mga
Israelita ay pumunta sa gitna ng dagat sa tuyong lupa.
Ang tubig ay nag-anyong pader para sa kanila sa kanilang
kanang kamay at sa kanilang kaliwa. 23 Tinugis sila ng mga
taga-Ehipto. Pinuntahan sila sa gitna ng dagat—lahat ng
mga kabayo ni Paraon, mga karwahe at mga nangangabayo.
24 Pero kinaumagahan, si Yahweh ay tumingin mula sa

ibaba sa mga hukbo ng Ehipto sa pamamagitan ng haligi ng
apoy at ulap. Nagdulot siya ng pagkabahala sa mga taga-
Ehipto 25 Ang gulong ng kanilang mga karwahe ay nabaon,
at ang mga nangangabayo ay nahirapang magpatakbo.
Kaya sinabi ng mga taga-Ehipto, “Tumakas na tayo mula
sa Israel, dahil si Yahweh ay lumalaban para sa kanila
laban sa atin. 26 Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Iunat mo
ang iyong kamay sa ibabaw ng dagat para ang tubig ay
bumalik sa mga taga-Ehipto, kanilang mga karwahe at sa
kanilang mga nangangabayo. 27 Kaya iniunat ni Moises ang
kaniyang kamay sa ibabaw ng dagat at ito ay bumalik sa
dating anyo bago lumitaw ang umaga. Ang mga taga-Ehipto
ay tumakas sa dagat, at dinala sila ni Yahweh sa gitna nito.
28 Bumalik ang tubig at bumalot sa mga karwahe ni Paraon,
mga nangangabayo at ang lahat ng kaniyang mga hukbo na
sumunod sa mga karwahe papuntang dagat. Wala ni isa ang
nakaligtas. 29 Gayunman, naglakad ang mga Israelita sa
tuyong lupa sa gitna ng dagat. Ang tubig ay naging isang
pader para sa kanila sa kanang kamay at sa kanilang kaliwa.
30 Iniligtas ni Yahweh ang Israel sa araw na iyon sa kamay
ng mga taga-Ehipto, at nakita ng Israel ang mga patay na
mga taga-Ehipto sa dalampasigan. 31 Nang makita ng Israel
ang kapangyarihan ni Yahweh na ginamit laban sa mga
taga-Ehipto, pinarangalan ng mga tao si Yahweh, at sila ay
nagtiwala kay Yahweh at sa kaniyang lingkod na si Moises.

**15** Pagkatapos inawit nina Moises at ng bayan ng Israel
ang awiting ito para kay Yahweh. Inawit nila, “Umaawit
ako kay Yahweh, dahil sa maluwalhating tagumpay; ang
kabayo at ang tagasakay nito ay itinapon sa dagat. 2 Si
Yahweh ang aking lakas at awitin, at siya ang aking naging
kaligtasan. Ito ang aking Diyos, at siya ay aking pupurihin,
Diyos ng aking ama, at siya ay aking dadakilain. 3 Si Yahweh
ay isang mandirigma; Yahweh ang pangalan niya. 4 Ang
mga karwahe at hukbo ng Paraon, sa dagat ay kaniyang
itinapon. Ang mga piniling opisyal ni Paraon, sa Dagat
ng mga Tambo sila ay nalunod. 5 Sila ay tinabunan ng
kailaliman; sila ay tumungo sa kailaliman na tulad ng isang
bato. 6 Ang iyong kanang kamay, Yahweh, ay maluwalhati
sa kapangyarihan; ang iyong kanang kamay, Yahweh, ang
dumurog sa mga kaaway. 7 Sa dakilang kaluwalhatian iyong
ibinabagsak ang mga bumabangon laban sa iyo. Inilabas
mo ang iyong poot; tinupok mo sila gaya ng pinaggapasan.
8 Sa pamamagitan ng bugso ng butas ng iyong ilong ang
mga tubig ay nagtipon; ang mga dumadaloy na tubig ay
tumayong matuwid na isang bunton; ang malalim na tubig
ay namuo sa puso ng dagat. 9 Sinabi ng kaaway, 'Hahabol
ako, mangunguna ako, ipamamahagi ko ang nasamsam
ko; masisiyahan sila sa ang aking ninanais; Bubunutin ko
ang aking espada; ang aking kamay ang sisira sa kanila.'
10 Pero ipinaihip mo ang iyong hangin at tinakpan sila ng
dagat; at sa malakas na mga tubig lumubog sila na parang
tingga. 11 Sino ang katulad mo, Yahweh, sa mga diyos?
Sino ang katulad mo, maluwalhati sa kabanalan, sa mga
pagpupuri pinaparangalan, na gumagawa ng mga himala?
12 Iniunat mo ang iyong kanang kamay, at sila ay nilamon
ng lupa. 13 Sa iyong katapatan sa tipan pinangunahan
mo ang mga tao na iyong sinagip. Sa iyong kalakasan
sila ay iyong pinangunahan patungo sa banal na lugar
kung saan ka naninirahan. 14 Narinig ng bayan, at sila ay
nanginginig; takot ang babalot sa mga naninirahan sa Filistia.
15 Pagkatapos ang mga pinuno ng Edom ay matatakot; ang
mga sundalo ng Moab ay mayayanig; lahat ng naninirahan
sa Canaan ay maglalaho. 16 Ang kilabot at pangamba ay
mapapasakanila. Dahil sa kapangyarihan ng iyong bisig,
sila ay hindi iimik na parang bato hanggang sa makaraan
ang iyong bayan, Yahweh— hanggang sa makaraan ang
sinagip mong bayan. 17 Dadalhin mo sila at itatanim sila sa
bundok na iyong pinamana, ang lugar, Yahweh, na iyong
ginawa para manirahan, ang santuwaryo, aming Panginoon,
na itinayo ng iyong mga kamay. 18 Maghahari si Yahweh
sa magpakailanman pa man.” 19 Dahil lumakad ang mga
kabayo ni Paraon kasama ng kaniyang mga karwahe at
mga mangangabayo sa dagat. Dinala pabalik ni Yahweh
ang mga tubig ng dagat sa kanila. Pero ang mga Israelita
ay naglakad sa gitna ng dagat sa mga tuyong lupa. 20 Si
Miriam, ang babaeng propeta, na kapatid na babae ni Aaron,
ay dumampot ng tamburin, at lumabas ang lahat ng mga
kababaihan na may mga tamburin, sabay na sumasayaw
kasama niya. 21 Inawit ni Miriam sa kanila: “Umawit kay
Yahweh, dahil siya ay maluwalhating nagtagumpay. Itinapon
niya sa dagat ang kabayo at ang kaniyang mangangabayo.”
22 Pagkatapos pinangunahan ni Moises ang Israel pasulong
mula dagat ng mga Tambo. Lumabas sila sa ilang ng Shur.
Naglakbay sila ng tatlong araw sa loob ng ilang at walang
nahanap na tubig. 23 Pagkatapos nakarating sila sa Mara,
pero hindi nila mainom ang tubig doon dahil mapait ito.
Kaya tinawag nilang Mara ang lugar na iyon. 24 Kaya
nagreklamo ang mga tao kay Moises at sinabing, “Ano
ang aming iinumin?” 25 Umiyak si Moises kay Yahweh at
may ipinakitang puno si Yahweh sa kaniya. Hinagis ito ni
Moises sa tubig at naging matamis na maiinom ang tubig.
Sa lugar na iyon nagbigay si Yahweh sa kanila ng mahigpit
na kautusan at doon din niya sila sinubukan. 26 Sinabi niya,
“Kung papakinggan ninyong mabuti ang tinig ni Yahweh
na inyong Diyos, at gagawin kung ano ang tama sa aking
mga mata, at kung makikinig kayo sa mga kautusan ko at
susundin ang lahat ng mga batas ko—hindi ako maglalagay
sa inyo ng anumang mga sakit na inilagay ko sa mga taga-

Ehipto, dahil ako ay si Yahweh na nagpapagaling sa inyo.”
27 Pagkatapos dumating ang mga tao sa Elim, kung saan
mayroong labing-dalawang bukal ng tubig at pitumpung
puno ng palma. Nagkampo sila doon sa may tubig.

**16** Naglakbay ang mga tao mula sa Elim, at ang lahat ng
komunidad ng mga Israelita ay nakarating sa ilang ng
Sin, na nasa gitna ng Elim at Sinai, sa ikalabinlimang araw
ng ikalawang buwan pagkatapos ng kanilang pag-alis sa
lupain ng Ehipto. 2 Ang buong komunidad ng mga Israelita
ay nagreklamo laban kina Moises at Aaron sa ilang. 3 Sinabi
sa kanila ng mga Israelita, “Kung namatay na lang sana
kami sa kamay ni Yahweh sa lupain ng Ehipto nang kami ay
nakaupo sa tabi ng mga palayok ng karne at kumakain ng
tinapay hanggang sa mabusog. Pagkat dinala ninyo kami
palabas dito sa ilang para patayin sa gutom ang aming
buong komunidad.” 4 Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay
Moises, “Magpapaulan ako ng tinapay mula sa langit para
sa inyo. Ang mga tao ay lalabas at magtitipon ng pang isang
araw na bahagi sa bawat araw para masubukan ko sila
para makita kung sila ay lalakad o hindi sa aking batas. 5
Mangyayari na sa ikaanim na araw, na magtitipon sila ng
makalawang dami ng kung ano ang tinipon nila sa bawat
naunang araw, at lulutuin nila kung ano ang dala nila.” 6
Pagkatapos ay sinabi nina Moises at Aaron sa lahat ng
bayan ng Israel, “Sa gabi ay malalaman ninyong si Yahweh
ang siyang nagdala sa inyo palabas mula sa lupain ng
Ehipto. 7 Sa umaga ay makikita ninyo ang kaluwalhatian
ni Yahweh, dahil naririnig niya ang inyong pagrereklamo
laban sa kaniya. Sino ba kami para kayo ay magreklamo
laban sa amin?” 8 Sinabi rin ni Moises, “Malalaman ninyo
ito kapag binigyan kayo ni Yahweh ng karne sa gabi at
tinapay sa umaga na sagana—dahil narinig niya ang mga
reklamo na sinabi ninyo laban sa kanya. Sino ba si Aaron at
ako? Ang inyong mga reklamo ay hindi laban sa amin; ang
mga iyon ay laban kay Yahweh.” 9 Sinabi ni Moises kay
Aaron, “Sabihin mo sa lahat ng komunidad ng bayan ng
Israel, 'Lumapit kayo kay Yahweh, dahil narinig niya ang
inyong mga reklamo.'” 10 Nangyari na habang nagsasalita si
Aaron sa buong komunidad ng bayan ng Israel, tumingin
sila sa dako ng ilang, at pagmasdan, ang kaluwalhatian
ni Yahweh ay lumitaw sa ulap. 11 Pagkatapos sinabi ni
Yahweh kay Moises, 12 “Narinig ko ang mga reklamo ng
bayan ng Israel. Kausapin mo sila at sabihin, 'Sa gabi ay
kakain kayo ng karne, at sa umaga ay mabubusog kayo ng
tinapay. Pagkatapos malalaman ninyong ako ay si Yahweh,
na inyong Diyos.'” 13 Nangyari sa gabi na may dumating na
mga pugo at natabunan ang kampo. Sa umaga ang hamog
ay nalatag sa palibot ng kampo. 14 Pagkawala ng hamog,
doon sa ibabaw ng ilang ay may mga manipis na mumunting
piraso na parang namuong hamog sa lupa. 15 Nang makita
iyon ng bayan ng Israel, sinabi nila sa isa't isa, “Ano ito?”
Hindi nila alam kung ano iyon. Sinabi ni Moises sa kanila,
“Iyan ang tinapay na bigay ni Yahweh sa inyo para kainin.
16 Ito ang utos na ibinigay ni Yahweh sa inyo: 'Kayo ay dapat
magtipon, bawat isa sa inyo, ng dami na kailangan ninyong
kainin, isang omer sa bawat tao mula sa bilang ng inyong
mga tao. Ganito ninyo titipunin iyon: Magtipon ng tama lang
para kainin ng bawat taong naninirahan sa inyong tolda.'” 17
Ginawa iyon ng bayan ng Israel. Ang ilan ay nagtipon ng
mas marami, ang ilan ay nagtipon ng mas kaunti. 18 Nang
sukatin nila iyon sa sukat ng omer, ang mga nagtipon ng
mas marami ay walang anumang natira, ang mga nagtipon
ng mas kaunti ay hindi nagkulang. Bawat tao ay nagtipon ng
tama lamang para mapunan ang kanilang pangangailangan.
19 Pagkatapos sinabi ni Moises sa kanila, “Walang isa sa
inyo ang dapat magtira ng anuman niyon hanggang umaga.
20 “Pero hindi sila nakinig kay Moises. Ang ilan sa kanila ay
nagtira ng kaunti nito hanggang umaga, pero ito ay inuod
at bumaho. Kaya nagalit sa kanila si Moises. 21 Sila ay
nagtipon niyon kada umaga. Bawat tao ay nagtipon ng tama
lang kainin para sa araw na iyon. Nang uminit ang araw, ito
ay natunaw. 22 Nangyari na sa ikaanim na araw nagtipon
sila ng dobleng dami ng tinapay, dalawang omer para sa
bawat tao. Lahat ng mga pinuno ng komunidad ay pumunta
at sinabi ito kay Moises. 23 Sinabi niya sa kanila, “Ito ang
sinabi ni Yahweh: 'Bukas ay isang taimtim na pamamahinga,
isang banal na Araw ng Pamamahinga para sa karangalan
ni Yahweh. Maghurno kayo ng gusto ninyong hurnuin at
maglaga ng gusto ninyong ilaga. Ang lahat nang matira,
itabi ninyo para sa inyong mga sarili hanggang umaga.'” 24
Kaya itinabi nila ito hanggang umaga, katulad ng tagubilin
ni Moises. Ito ay hindi bumaho ni nagkaroon ng anumang
uod. 25 Sinabi ni Moises, “Kainin ang pagkaing ito ngayon,
pagkat ngayon ay isang araw na inilaan bilang Araw ng
Pamamahinga para parangalan si Yahweh. Ngayon hindi
kayo makakahanap nito sa mga bukid. 26 Magtitipon kayo
nito sa loob ng anim na araw, pero ang ikapitong araw
ay Araw ng Pamamahinga. Sa Araw ng Pamamahinga ay
walang manna.” 27 Nangyari na sa ikapitong araw may ilan
sa mga tao ang lumabas para magtipon ng manna, pero
wala silang nahanap. 28 Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay
Moises, “Gaano katagal kayong tatangging sundin ang aking
mga kautusan at mga batas? 29 Tingnan ninyo, Ako, si
Yahweh ang nagbigay ng Araw ng Pamamahinga sa inyo.
Kaya sa ikaanim na araw ay binibigyan ko kayo ng tinapay
para sa dalawang araw. Bawat isa sa inyo ay dapat manatili
sa kanyang sariling lugar; walang dapat lumabas mula sa
kaniyang lugar sa ikapitong araw.” 30 Kaya nagpahinga

ang mga tao sa ikapitong araw. 31 Tinawag ng mga tao ng
Israel ang pagkaing iyon na “manna.” Ito ay maputi tulad ng
buto ng kulantro at ang lasa ay parang apa na ginawang
may pulot. 32 Sinabi ni Moises, “Ito ang inutos ni Yahweh:
'Hayaang itago ang isang omer na manna para sa kabuuan
ng salinlahi ng inyong bayan para ang inyong mga kaapu-
apuhan ay maaring makita ang tinapay na pinakain ko sa
inyo sa ilang, matapos na ilabas ko kayo mula sa lupain
ng Ehipto.'” 33 Sinabi ni Moises kay Aaron, “Kumuha ka
ng palayok at maglagay ng isang omer ng manna sa loob
nito. Panatilihin ito sa harap ni Yahweh para itago para sa
buong salinlahi ng bayan. 34 Katulad ng inutos ni Yahweh
kay Moises, itinago iyon ni Aaron katabi ng mga kautusang
tipan sa loob ng kaban. 35 Kumain ng manna ang bayan ng
Israel sa loob ng apatnapung taon hanggang sa makarating
sila sa lupaing may naninirahan. Kumain sila nito hanggang
sa makarating sila sa mga hangganan ng lupain ng Canaan.
36 Ngayon ang omer ay ikasampung bahagi ng epa.

**17** Naglakbay ang buong komunidad ng mga Israelita
mula sa ilang ng Sin, ayon sa mga tagubilin ni Yahweh.
Nagkampo sila sa Rephidim, pero walang tubig na maiinom
para sa mga tao. 2 Kaya sinisi ng mga tao si Moises dahil
sa kanilang kalagayan at sinabing, “Bigyan mo kami ng tubig
na maiinom.” Sinabi ni Moises, “Bakit kayo makikipagtalo
sa akin?” Bakit sinusubok ninyo si Yahweh?” 3 Labis na
nauuhaw ang mga tao, at nagreklamo laban kay Moises.
Sinabi nila, “Bakit dinala mo kami palabas sa Ehipto? Para
patayin kami at ang aming mga anak pati mga baka sa
pagkauhaw?” 4 Kaya dumaing si Moises kay Yahweh, “Ano
ba ang dapat kong gawin sa mga taong ito? Halos handa na
silang batuhin ako.” 5 Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Mauna
ka sa mga tao at magdala ka ng ilan sa mga nakatatanda ng
Israel. Dalhin mo ang tungkod na inihampas mo sa ilog at
umalis ka. 6 Tatayo ako sa harapan mo doon sa ibabaw
ng bato sa Horeb, at papaluin mo ang bato. Lalabas ang
tubig mula dito para inumin ng mga tao. Pagkatapos ginawa
ito ni Moises sa paningin ng mga nakatatanda ng Israel.
7 Tinawag niya ang lugar na iyon na Massah at Meribah
dahil sa pagrereklamo ng mga Israelita at dahil sinubukan
nila ang Diyos sa pamamagitan ng pagsabing, “Kasama ba
natin si Yahweh o hindi?” 8 Pagkatapos dumating at nilusob
ng isang hukbo ng mga Amalekita ang Israel sa Rephidim.
9 Kaya sinabi ni Moises kay Josue, “Pumili ka ng ilan sa
mga lalaki at umalis ka. Labanan mo si Amalek. Tatayo ako
bukas sa ibabaw ng burol na hawak ang tungkod ng Diyos
sa aking kamay.” 10 Kaya nakipaglaban si Josue sa Amalek
ayon sa tagubilin ni Moises sa kaniya, habang sina Moises,
Aaron at Hur ay umakyat sa ibabaw ng burol. 11 Nananalo
ang mga Israelita, habang itinataas ni Moises ang kaniyang
mga kamay, kapag ipinagpapahinga niya ang kaniyang mga
kamay, nagsisimulang manalo ang mga Amalek. 12 Nang
bumigat na ang mga kamay ni Moises, kumuha sina Aaron
at Hur ng bato at inilagay ito sa ilalim niya para makaupo
siya. Sa parehong pagkakataon, itinaas ni Aaron at Hur ang
mga kamay ni Moises, isang tao ang nasa tabi niya at ang
isa naman ay nasa kabilang banda niya. Kaya nanatiling
nakataas ang mga kamay ni Moises hanggang sa palubog
na ang araw. 13 Kaya natalo ni Josue ang mga Amalekita sa
pamamagitan ng espada. 14 Sinabi ni Yahweh kay Moises,
“Isulat mo ito sa isang libro at basahin mo na naririnig ni
Josue dahil ganap kong tatanggalin ang alaala ng Amalek
mula sa ilalim ng kalangitan.” 15 Pagkatapos gumawa si
Moises ng altar at tinawag niya itong “Si Yahweh ang aking
bandila.” 16 Ginawa niya ito, dahil sinabi niya, “Pinangako ni
Yahweh na makikipaglaban siya kay Amalek mula sa mga
salinlahi hanggang sa mga susunod pang salinlahi.”

**18** Narinig ni Jetro na pari ng Midian, na biyenan na lalaki
ni Moises ang lahat ng ginawa ng Diyos kay Moises
at sa mga Israelita na kaniyang bayan. Narinig niya na
dinala ni Yahweh palabas sa Ehipto ang Israel. 2 Kinuha ni
Jetro na biyenan ni Moises si Zippora na asawa ni Moises,
matapos niyang pabalikin sa kanilang tahanan. 3 At ang
kaniyang dalawang anak na lalaki; Ang Pangalan ng isa
niyang anak ay si Gersom, dahil sinabi ni Moises, “Naging
dayuhan ako sa isang dayuhang lupain.” 4 Ang isa niyang
anak ay pinangalanang Eliezer, dahil sinabi ni Moises, “Ang
Diyos ng aking ninuno ay aking saklolo. Niligtas niya ako
mula sa espada ni Paraon.” 5 Dumating si Jetro, na biyenan
ni Moises, kasama ang mga anak na lalaki at asawa ni
Moises sa ilang kung saan sila nagkampo sa bundok ng
Diyos. 6 Sinabi niya kay Moises, “Ako na iyong biyenan na si
Jetro, kasama ang iyong asawa at ang kaniyang dalawang
anak na lalaki ay pupunta sa iyo.” 7 Lumabas si Moises
para salubungin ang kaniyang biyenan na lalaki, yumuko at
hinalikan siya. Nagtanungan sila tungkol sa kapakanan ng
isa't-isa at pagkatapos pumasok sila sa tolda. 8 Isinalaysay
ni Moises sa kaniyang biyenan na lalaki ang lahat ng ginawa
ni Yahweh kay Paraon at sa mga taga-Ehipto alang-alang sa
kapakanan ng Israel, tungkol sa lahat ng mga paghihirap
na dumating sa kanilang paglalakbay, at kung paano sila
niligtas ni Yahweh. 9 Nagalak si Jetro sa kabila ng lahat ng
mabuting nagawa ni Yahweh para sa Israel, dahil niligtas
sila ni Yahweh mula sa kamay ng mga taga-Ehipto. 10
Sinabi ni Jetro, “Purihin nawa si Yahweh, dahil niligtas niya
kayo mula sa kamay ng mga taga-Ehipto at mula sa kamay
ng Paraon, at pinalaya niya ang bayan mula sa kamay
ng mga taga-Ehipto. 11 Ngayon alam ko na si Yahweh ay
dakila kaysa lahat ng mga diyos, dahil niligtas ng Diyos ang

kaniyang bayan nang pinagmalupitan ng mga taga-Ehipto
ang mga Israelita. **12** Nagdala si Jetro, na biyenan na lalaki
ni Moises, ng sinunog na handog at alay para sa Diyos.
Nagpunta si Aaron at lahat ng mga nakatatanda ng Israel
para kumain kasama ang biyenan na lalaki ni Moises sa
harap ng Diyos. **13** Kinabukasan umupo si Moises para
hatulan ang mga tao. Tumayo ang mga tao sa palibot ni
Moises, mula umaga hanggang gabi. **14** Nang nakita ni Jetro
ang lahat ng ginawa ni Moises para sa bayan, sinabi niya,
"Ano ba itong ginawa mo sa bayan? Bakit nauupo kang
mag-isa at ang lahat ng tao ay nakatayo na nakapalibot sa
iyo mula umaga hanggang gabi?" **15** Sinabi ni Moises sa
kaniyang biyenan na lalaki, "Lumapit ang mga tao sa akin
para hingin ang direksyon ng Diyos. **16** Pumupunta sila sa
akin kapag nagtatalo sila. Hinahatulan ko ang pagitan ng
bawat isa, at itinuturo ko sa kanila ang mga kautusan at mga
batas ng Diyos." **17** Sinabi ni Jetro kay Moises, "Hindi mabuti
ang iyong ginagawa. **18** Tiyak na manghihina ka, ikaw at
ang lahat ng taong pumupunta sa iyo, dahil ang pasanin na
ito ay labis na napakabigat para sa iyo. Hindi mo ito kayang
gawin sa pamamagitan ng iyong sarili. **19** Makinig ka sa
akin. Bibigyan kita ng payo, at sumaiyo ang Diyos, dahil
ikaw ang kinatawan ng tao sa Diyos, at ikaw ang nagdadala
ng kanilang mga pagtatalo sa kaniya. **20** Dapat mong ituro
sa kanila ang kaniyang mga kautusan at mga batas. Dapat
mong ipakita sa kanila ang daang nararapat lakaran at
gawain ang nararapat. **21** At saka, dapat pumili ka ng mga
lalaking bihasa mula sa lahat ng mga tao, mga lalaking may
takot sa Diyos, mga lalaking mapagpatotoo na napopoot
sa hindi makatarungan. Dapat ilagay mo sila sa mga tao
para maging mga pinuno na nangangasiwa sa libu-libo,
daan-daan, lima-limampu at sampu-sampo. **22** Hahatulan
nila ang mga tao sa lahat ng kaugaliang pamamaraan na
mga kaso, pero dadalhin nila ang mga mabibigat na mga
kaso sa iyo. Sila na ang hahatol sa mga maliliit na mga
kaso. Sa ganyang paraan, magiging magaan para sa iyo, at
dadalhin nila ang pasanin kasama mo. **23** Kung gagawin
mo ito, at kung inatasan ka ng Diyos na gawin ito, hindi
ka mahihirapan at makakauwi na nasisiyahan ang bayan
sa kanilang tahanan." **24** Kaya nakinig si Moises sa mga
salita ng kaniyang biyenan na lalaki at ginawa ang lahat
ng kaniyang sinabi. **25** Pinili ni Moises ang mga lalaking
bihasa mula sa lahat ng Israel at ginawa silang mga pinuno
ng mga taong, tagapangasiwa sa libu-libo, daan-daan, lima-
limampu, at sampu-sampo. **26** Hinatulan nila ang mga tao sa
mga karaniwang pangyayari. Dinala nila kay Moises ang
mabigat na mga kaso, pero sila na mismo ang humahatol
sa mga maliliit na mga kaso. **27** Pagkatapos hinayaan ni
Moises na umalis ang kaniyang biyenan na lalaki, at bumalik
si Jetro sa kaniyang sariling lupain.

**19** Sa ikatlong buwan, pagkatapos lumabas ang bayan
ng Israel mula sa lupain ng Ehipto, sa parehong araw,
nakarating sila sa ilang ng Sinai. **2** Pagkatapos nilang lisanin
ang Rephidim at pumunta sa ilang ng Sinai, nagkampo sila
sa ilang sa harapan ng bundok. **3** Umakyat si Moises sa
Diyos. Tinawag siya ni Yahweh mula sa bundok at sinabi,
"Kailangan mong sabihin sa bahay ni Jacob, sa bayan ng
Israel: **4** Nakita mo ang aking ginawa sa mga taga-Ehipto,
kung paano ko kayo inakay sa pakpak ng agila at dinala
kayo para sa akin. **5** Ngayon pagkatapos, kung susundin
at pakikinggan ninyo ang aking tinig at iingatan ang aking
kasunduan, kung gayon, magiging katangi-tanging pag-aari
kita mula sa lahat ng mga tao, dahil ang buong daigdig ay
akin. **6** Ikaw ay magiging kaharian ng mga pari at isang
banal na bayan para sa akin. Ito ang mga salitang dapat
mong sabihin sa bayan ng Israel." **7** Kaya bumaba si Moises
at ipinatawag ang mga nakatatanda ng Israel. Itinakda
niya sa kanila ang lahat ng salita ni Yahweh na inutos sa
kaniya. **8** Lahat ng tao ay magkakasabay na sumagot at
sinabing, "Gagawin namin ang lahat ng sinabi ni Yahweh."
Pagkatapos ipinarating ni Moises ang mga salita ng mga
tao kay Yahweh. **9** Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Lalapit
ako sa iyo sa isang makapal na ulap para maaaring marinig
ng mga tao kapag ako ay nakikipag-usap sa iyo at maaari
ring maniwala sila sa iyo habang panahon." Pagkatapos,
inilahad ni Moises ang salita ng mga tao kay Yahweh. **10**
Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Puntahan mo ang mga tao.
Ngayon at bukas kailangan mong ihandog sila sa akin at
hugasan nila ang kanilang mga damit. **11** Maging handa
sa ikatlong araw, dahil sa ikatlong araw Ako, si Yahweh
ay bababa sa Bundok Sinai. **12** Dapat kang maglagay ng
hangganan sa palibot ng bundok para sa mga tao. Sabihin
sa kanila, "Mag-ingat na hindi sila aakyat ng bundok o
hahawakan ang hangganan. Siguradong mailalagay sa
kamatayan ang sinumang hahawak sa bundok.' **13** Walang
sinumang hahawak sa ganoong tao. Kundi, kailangan siyang
batuhin o panain. Kahit ito man ay isang tao o isang hayop,
dapat siyang mailagay sa kamatayan. Kapag tumunog
na ang trumpeta ng isang mahabang tunog maaari na
silang lumapit pataas sa paanan ng bundok. **14** Pagkatapos
bumaba si Moises mula sa bundok patungo sa mga tao.
Inihandog niya ang mga tao kay Yahweh, at hinugasan
nila ang kanilang mga damit. **15** Sinabi niya sa mga tao,
"Maging handa sa ikatlong araw; huwag kayong lalapit sa
inyong mga asawa." **16** Sa ikatlong araw, nang umagang
iyon, mayroon kulog at kidlat at isang makapal na ulap sa
itaas ng bundok at ang tunog ng isang napakalakas na

trumpeta. Nanginig ang lahat ng tao na nasa kampo. 17
Dinala ni Moises palabas sa kampo ang lahat ng tao para
makipagkita sa Diyos at nakatayo sila sa paanan ng bundok.
18 Lubusang nababalutan ng usok ang Bundok ng Sinai
dahil kay Yahweh na bumaba doon na may apoy at usok.
Pumaitaas ang usok katulad ng usok ng isang pugon at
marahas na nabulabog ang buong bundok. 19 Nang palakas
ng palakas ang tunog ng trumpeta, nagsalita si Moises,
at sinagot siya ng Diyos sa isang boses. 20 Bumaba si
Yahweh sa Bundok ng Sinai, mula sa tuktok ng bundok
at kaniyang tinawag si Moises sa tuktok. Kaya umakyat si
Moises. 21 Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Bumaba ka at
balaan mo ang mga tao na huwag sumuway sa akin para
tumingin, o marami sa kanila ang mamamatay. 22 Hayaan
ang mga pari na lumapit din sa akin at itakda ang kanilang
sarili na humiwalay, ihanda ang kanilang sarili sa aking
pagdating para hindi ko sila salakayin.” 23 Sinabi ni Moises
kay Yahweh, “Hindi makakaakyat ang mga tao sa bundok,
ito ang inutos mo sa amin: 'Maglagay ng mga hangganan sa
palibot ng bundok at ihandog ito kay Yahweh.'” 24 Sinabi ni
Yahweh sa kaniya, “Lakad ka, bumaba sa bundok, at isama
mo paakyat si Aaron na kasama mo, pero huwag mong
payagan ang mga pari at ang mga tao na tanggalin ang
bakod para pumunta sa akin, kung hindi sasalakayin ko sila.
25 Kaya bumaba si Moises sa mga tao at nakipag-usap sa
kanila.

**20** Sinabi ng Diyos ang mga salitang ito: 2 “Ako ay si
Yahweh, inyong Diyos, ang naglabas sa inyo mula sa
lupain ng Ehipto, mula sa labas ng bahay ng pagkaalipin.
3 Dapat wala kang ibang diyos sa harapan ko. 4 Huwag
dapat kayong gumawa para sa sarili ninyo ng isang inukit
na larawan ni kahalintulad ng anumang bagay na nasa
itaas ng langit, o sa lupa na nasa ilalim, o sa tubig na nasa
ibaba. 5 Huwag dapat kayong yuyukod sa kanila o sambahin
sila, dahil Ako, si Yahweh na inyong Diyos, ay selosong
Diyos. Paparusahan ko ang kasamaan ng mga ninuno sa
pamamagitan ng pagpapadala ng kaparusahan sa mga
kaapu-apuhan, patungo sa ikatlo at ikaapat na salinlahi sa
mga galit sa akin. 6 Pero magpapakita ako ng katapatan sa
tipan sa libu-libong mga nagmamahal sa akin at susunod sa
aking mga utos. 7 Hindi ninyo dapat kunin ang pangalan ko,
si Yahweh ang inyong Diyos, sa walang kabuluhan, dahil
hindi ko ituturing na walang pagkakakasala ang sinumang
kukuha ng pangalan ko sa walang kabuluhan. 8 Alalahanin
ninyo ang Araw ng Pamamahinga, ihandog ninyo ito sa
akin. 9 Dapat magtrabaho kayo at gawin ang lahat ng
gawain sa loob ng anim na araw. 10 Pero ang ikapitong
araw, ay isang Araw ng Pamamahinga para sa akin, si
Yahweh ang inyong Diyos. Dito dapat walang gagawa ng
anumang gawain, ikaw, ni ang iyong anak na lalaki, ni ang
iyong anak na babae, ni iyong lalaking lingkod, ni iyong
babaeng lingkod, ni iyong baka, ni ang dayuhan na nasa
loob ng iyong mga tarangkahan. 11 Dahil sa ikaanim na
araw Ako, si Yahweh, ang lumikha ng langit, lupa at dagat at
lahat ng bagay na nasa loob nito at nagpahinga sa ikapitong
araw. Kaya nga Ako, si Yahweh, ay pinagpala ang Araw ng
Pamamahinga at inihandog ito sa aking sarili. 12 Igalang
ninyo ang inyong ama at inyong ina, para maaari kang
manirahanng mahabang panahon sa lupain na ibibigay ko sa
inyo Ako, si Yahweh, ang inyong Diyos. 13 Hindi kayo dapat
pumatay ng sinuman. 14 Hindi kayo dapat mangalunya.
15 Hindi kayo dapat magnakaw mula kaninuman. 16 Hindi
kayo dapat magbigay ng maling patotoo laban sa iyong
kapwa. 17 Hindi ninyo dapat kainggitan ang bahay ng iyong
kapwa; hindi ninyo dapat kainggitan ang asawa ng iyong
kapwa, ang kaniyang lingkod na lalaki, ang kaniyang lingkod
na babae, ang kaniyang baka, kaniyang asno o anumang
bagay na pag-aari ng kapwa mo.” 18 Nakita ng mga tao ang
pagkulog at ang pagkidlat at narinig ang tunog ng trumpeta
at nakitang umuusok ang bundok. Nang makita ito ng mga
tao, nanginig sila at tumayo sa malayo. 19 Sinabi nila kay
Moises, “Makipag-usap ka sa amin at kami'y makikinig; pero
huwag mong payagan makipag- usap sa amin ang Diyos, o
lahat kami ay mamamatay.” 20 Sinabi ni Moises sa mga
tao, “Huwag kayong matakot, dahil bumaba ang Diyos para
kayo ay subukin para ang karangalan na nasa kaniya ay
mapasainyo at para hindi kayo magkasala.” 21 Kaya ang
mga tao ay tumayo sa malayo at lumapit si Moises tungo
sa makapal na kadiliman kung saan naroon ang Diyos. 22
Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Ito ang sasabihin mo sa
mga Israelita: 'Nakita mo na nakipag-usap ako sa iyo mula
sa langit. 23 Huwag kang gagawa para sa sarili mo ng
anumang mga diyos kasama ko, mga diyos ng pilak o diyos
ng ginto. 24 Kailangan gumawa ka ng isang makalupang
altar para sa akin at kailangang ihain mo itong mga handog
na susunugin, mga handog ng pagtipon-tipon, tupa at mga
baka. Sa bawat lugar na kung saan pararangalan ang
pangalan ko, pupuntahan at pagpapalain kita. 25 Kung
igagawa mo ako ng isang altar mula sa bato, huwag mong
itatayo mula sa hinati na mga bato, kapag ginamit mo ang
iyong mga kasangkapan para dito, dinumihan mo ito. 26
Huwag kang aakyat sa mga baitang patungo sa aking altar;
ito ay hahadlang sa iyo mula sa paglantad ng pribadong
bahagi ng iyong katawan.'”

**21** “Ngayon ito ang mga kautusan na dapat mong igawad
sa harapan nila: 2 Kung bibili ka ng isang lingkod
na Hebreo, maninilbihan siya sa iyo sa loob ng anim na
taon at sa ikapitong taon makakaalis siya nang malaya at

walang babayaran na anumang bagay. 3 Kung dumating
siyang mag-isa, aalis siyang malaya mag-isa; kung siya
ay may asawa, aalis kasama niyang malaya ang kaniyang
asawa. 4 Kung ang kaniyang amo ang siyang nagbigay ng
asawa para sa kaniya at nagkaanak sila ng mga lalaki o mga
babae, ang asawa at ang kaniyang mga anak ay pag-aari ng
kaniyang amo at dapat umalis siyang malaya mag-isa. 5
Pero kung malinaw na sinasabi ng lingkod, “Mahal ko ang
aking amo, aking asawa at aking mga anak; hindi ako aalis
na malaya,” 6 pagkatapos dadalhin siya ng kaniyang amo
sa Diyos. Dadalhin siya ng kaniyang amo sa pintuan o sa
haligi ng pintuan at kailangang butasan ang kaniyang tainga
ng kaniyang amo gamit ang isang pambutas. Pagkatapos
ang lingkod ay maninilbihan sa kaniya ng buong buhay
niya. 7 Kung ipinagbili ng isang lalaki ang kaniyang anak na
babae na maging lingkod na babae, hindi siya makakaalis
na malaya gaya ng mga lingkod na lalaki. 8 Kung hindi
malulugod ang kaniyang amo, na siyang nagtalaga para sa
kaniyang sarili, kinakailangan na ipatubos niya siya. Wala
siyang karapatan na ipagbili ito sa mga taong dayuhan. Siya
ay walang ganoong karapatan, yamang siya ay tinatrato
niya ng pandaraya. 9 Kung itatalaga siya ng kaniyang
amo bilang asawa para sa kaniyang anak na lalaki, dapat
ituring niya siya na parang anak niya rin na babae. 10
Kung kukuha ng isa pang asawa ang amo para sa kaniyang
sarili, hindi niya dapat bawasan ang kaniyang pagkain,
damit o ang kaniyang karapatan bilang asawa. 11 Pero
kung hindi niya maibibigay ang tatlong bagay na ito para
sa kaniya, makakaalis siyang malaya at walang babayaran
na anumang pera. 12 Sinumang manakit ng isang tao at
ito ay namatay, ang taong iyon ay siguraduhing malalagay
sa kamatayan. 13 Kung hindi ito ginawa ng tao na may
paghahanda, sa halip hindi ito sinadya, pipili ako ng lugar
kung saan maaari siyang tumakas. 14 Kung ang isang tao
ay sinadyang lusubin ang kaniyang kapitbahay para patayin
siya sa mapanlinlang, pagkatapos dapat mo siyang kunin,
kahit kung siya ay nasa altar ng Diyos, kaya maaari siyang
mamatay. 15 Sinumang manakit sa kaniyang ama o ina ay
dapat siguradong malagay sa kamatayan. 16 Sinumang
dumukot ng isang tao at ito ay kaniyang ipinagbili, o ang
tao ay natagpuan sa kaniyang pangangalaga, ang taong
dumukot ay dapat siguradong malagay sa kamatayan. 17
Sinumang sumpain ang kaniyang ama o kaniyang ina ay
dapat siguradong malagay sa kamatayan. 18 Kung mag-
aaway ang mga lalaki at may isang taong manakit ng iba tao
na gamit ang bato o ang kaniyang kamao, at ang taong iyon
ay hindi namatay, pero nanatiling nakahiga; 19 pagkatapos
kung ito'y gumaling na at maaring makalakad gamit ang
kaniyang tungkod, ang taong nanakit sa kaniya ay dapat
magbayad sa nasayang nitong panahon; dapat din itong
magbayad para sa kaniyang ganap na gagaling. Pero ang
taong iyon ay mapapawalang-sala. 20 Kung sinaktan ng
isang tao ang kaniyang lingkod na lalaki o ang kaniyang
lingkod na babae gamit ang kaniyang tungkod, at kung ang
lingkod ay namatay dahil sa pagkakapalo, ang taong iyon ay
dapat siguradong maparusahan. 21 Gayunpaman, kung ang
lingkod ay nabuhay ng isang araw o dalawa, ang amo ay
hindi na dapat maparusahan, dahil siya rin ang magdurusa
sa kawalan ng lingkod. 22 Kung nag-aaway ang mga lalaki
at makasakit ng isang babaeng buntis at nakunan siya, pero
wala nang ibang sugat sa kaniya, pagkatapos ang taong
salarin ay dapat magmulta; kung may mga hinihingi ang
asawa ng babae mula sa kaniya, dapat siyang magbayad
ayon sa napagpasyahan ng mga hukom. 23 Pero kung
mayroong malubhang sugat, pagkatapos kailangan mong
magbigay ng buhay para sa buhay, 24 mata para sa mata,
ngipin para sa ngipin, kamay para sa kamay, paa para sa
paa, 25 paso para sa paso, sugat para sa sugat o pasa
para sa pasa. 26 Kung suntukin ng isang lalaki ang mata ng
kaniyang lingkod na lalaki o lingkod na babae at nasira ito,
dapat palayain niya ang lingkod katumbas para sa kaniyang
mata. 27 Kung suntukin niya at nabunutan ng isang ngipin
ang kaniyang lingkod na lalaki o lingkod na babae, dapat
palayain niya ang lingkod bilang bayad para sa ngipin.
28 Kung suwagin ng baka ang isang lalaki o isang babae
at namatay ito, dapat batuhin ang baka, at hindi dapat
kainin ang laman nito; pero mapapawalang sala ang may-
ari ng baka. 29 Pero kung may ugaling pagsuwag dati pa
ang baka at binigyan ng babala ang may-ari nito, at hindi
niya ito ikinulong, at nakapatay ang baka ng isang lalaki
o isang babae, kinakailangang batuhin ang baka. Dapat
ding patayin ang may-ari nito. 30 Kung kinakailangan ang
kabayaran para sa kaniyang buhay, dapat niyang bayaran
ang anumang kailangan niyang bayaran. 31 Kung sinuwag
ng baka ang anak na lalaki o anak na babae ng isang lalaki,
dapat gawin ng may-ari ng baka ang hinihingi ng kautusang
ito. 32 Kung sinuwag ng baka ang isang lingkod na lalaki o
lingkod na babae, dapat magbayad ang may-ari ng baka
ng tatlumpung sekel na pilak, at dapat batuhin ang baka.
33 Kung magbubukas ng isang hukay ang isang lalaki, o
kung humukay ng isang hukay ang isang lalaki, at hindi
niya ito tinakpan at may nahulog na baka o asno sa loob
nito, 34 kailangan bayaran ng may-ari ng hukay ang nawala.
Kailangan magbigay siya ng pera sa may-ari ng namatay
na hayop at magiging kaniya ang namatay na hayop. 35
Kung saktan ng baka ng isang tao ang baka ng ibang tao
kaya namatay ito, kailangan nilang ipagbili ang buhay na
baka at paghatian nila ang halaga nito, kailangan din nilang

paghatian ang patay na baka. 36 Pero kung nalaman na ang
baka ay may ugaling nanunuwag sa nakaraan, at hindi ito
kinulong ng may-ari, dapat siguraduhin siyang magbayad ng
baka para sa baka at ang namatay na hayop ay magiging
kaniyang pag-aari.

22 Kung magnakaw ang isang lalaki ng isang baka o isang
tupa at pinatay niya o ipinagbili ito, pagkatapos dapat
siyang magbayad ng limang baka para sa isang baka, at apat
na tupa para sa isang tupa. 2 Kung ang magnanakaw ay
natagpuang naninira, at kung nasaktan at siya ay namatay,
sa ganoong kaso walang sinuman ang ituturing na may sala
sa kaniyang kamatayan. 3 Pero kung sumikat ang araw bago
niya sinira, salang pagpatay ng tao ang ipapataw sa taong
pumatay sa kaniya. Ang magnanakaw ay dapat gumawa ng
pagbabayad-pinsala. Kung wala siyang pag-aari, pagkatapos
dapat siyang ipagbili dahil sa kaniyang pagnanakaw. 4 Kung
ang ninakaw na hayop ay natagpuang buhay sa kaniyang
pag-aari, maging ito ay isang asno, o isang tupa, dapat
siyang magbayad ng doble. 5 Kung magpapastol ang isang
lalaki ng kaniyang mga baka sa isang bukid o sa ubasan at
hinayaang nakakawala ang kaniyang hayop, at kumain ito sa
bukid ng ibang tao, dapat siyang gumawa ng pagbabayad-
pinsala mula sa pinakamainam sa kaniyang sariling bukid at
mula sa pinakamainam sa kaniyang sariling ubasan. 6 Kung
kumalat ang apoy at kumalat sa mga tinik kaya ang mga
nakasalansan na butil, o nakatayo na butil, o ang bukid ay
natupok, siya na nagsimula ng apoy ay dapat siguraduhing
gumawa ng pagbabayad-pinsala. 7 Kung magbibigay ng pera
o ari-arian ang isang lalaki sa kaniyang kapitbahay para sa
ligtas na pag-iingat, at kung ito ay ninakaw mula sa bahay ng
lalaki, kung natagpuan ang magnanakaw, ang magnanakaw
na iyon ay dapat magbayad ng doble. 8 Pero kung ang
magnanakaw ay hindi natagpuan, pagkatapos ang may-ari
ng bahay ay dapat humarap sa mga hukom para tingnan
kung nilagay niya ang kaniyang sariling kamay sa pag-aari ng
kaniyang kapitbahay. 9 Sa bawat pagtatalo tungkol sa isang
bagay, maging ito ay baka, asno, tupa, damit o anumang
nawawalang bagay tungkol sa kung alin ang sinasabi ng isa,
“Kabilang ito sa akin,” ang pag-aangkin ng dalawang panig
ay kailangang humarap sa mga hukom. Ang taong makitaan
ng mga hukom na siyang may sala ay dapat magbayad
ng doble sa kaniyang kapitbahay. 10 Kung magbibigay ng
isang asno, isang baka, isang tupa o anumang hayop ang
isang lalaki sa kaniyang kapitbahay para pangalagaan, at
kung ito ay namatay o nasaktan o natangay ito nang walang
sinumang nakakita, 11 isang panunumpa kay Yahweh ang
dapat nilang gawin, kung walang isang tao na naglagay sa
kaniyang kamay sa pagmamay-ari ng kaniyang kapitbahay.
Kailangang tanggapin ng may-ari ito at ang isa ay hindi
na kailangang gumawa ng pagbabayad-pinsala. 12 Pero
kung ninakaw ito mula sa kaniya, ang isa ay dapat gumawa
ng pagbabayad-pinsala sa may-ari para dito. 13 Kung ang
hayop ay nagkagutay-gutay, hayaan na dalhin ng isang tao
ang hayop bilang katibayan. Hindi siya kailangang magbayad
kung anuman ang nasira. 14 Kung hihiram ang isang tao ng
anumang hayop mula sa kaniyang kapitbahay at ang hayop
ay nasaktan o namatay na hindi ito kasama ng may-ari, ang
ibang tao ay dapat siguraduhing gumawa ng pagbabayad-
pinsala. 15 Pero kung ang may-ari ay kasama nito, ang
ibang tao ay hindi na kailangan magbayad; kung inupahan
ang hayop, ito ay babayaran sa pamamagitan ng kaniyang
bayad paupahan. 16 Kung inaakit ng isang lalaki ang isang
babaeng birhen na wala pang kasunduang magpakasal at
kung siya ay kaniyang sinipingan, dapat siguraduhin niyang
gawing asawa ang babae sa pamamagitan ng pagbabayad
ng kasal-kayamanan na kinakailangan para dito. 17 Kung
ang kaniyang ama ay ganap na tumangging ibigay siya sa
lalaki, ang lalaki ay dapat magbayad ng pera katumbas sa
bayad-kayamanan ng mga birhen. 18 Hindi ninyo dapat
hayaang mabuhay ang isang babaeng mangkukulam. 19
Sinumang sumiping sa isang hayop ay dapat siguradong
malalagay sa kamatayan. 20 Sinumang magsasakripisyo
sa anumang diyos maliban kay Yahweh ay dapat ganap
na wasakin. 21 Huwag dapat ninyong gawan ng masama
ang isang dayuhan o pagmalupitan siya, dahil naging mga
dayuhan din kayo sa lupain ng Ehipto. 22 Huwag dapat
ninyong apihin ang sinumang balo o mga batang ulila sa
ama. 23 Kung sasaktan ninyo sila, at kung tumawag sila sa
akin, na si Yahweh, siguradong pakikinggan ko ang kanilang
tawag. 24 Magliliyab ang aking galit, at papatayin ko kayo
sa pamamagitan ng espada; ang inyong mga asawa ay
magiging balo, at ang inyong mga anak ay magiging ulila sa
ama. 25 Kung magpapahiram kayo ng pera sa sinuman sa
aking mga tao sa gitna ninyo na mga mahihirap, hindi kayo
dapat matulad sa isang nagpapatubo sa kaniya o singilin
siya ng may tubo. 26 Kung kukunin ninyo ang damit ng
inyong kapitbahay bilang pangako, dapat ninyong isauli ito
sa kaniya bago lumubog ang araw, 27 dahil iyon lamang ang
kaniyang tanging pantakip; ito ay ang kaniyang damit para
sa kaniyang katawan. Ano pa ang kaniyang ipangtutulog?
Kapag tumawag siya sa akin, pakikinggan ko siya, dahil ako
ay mahabagin. 28 Hindi dapat ninyo ako nilalapastangan,
ako na inyong Diyos, ni sumpain ang namumuno sa inyong
bayan. 29 Hindi dapat ninyo ipagkait ang inyong mga handog
mula sa inyong ani o sa inyong pisaan ng ubas. Dapat
ninyong ibigay sa akin ang panganay ng inyong mga anak
na lalaki. 30 Dapat din ninyong gawin sa inyong mga baka at
sa inyong tupa. Dahil sa loob ng pitong araw mananatili sila

sa kanilang mga ina, pero sa loob ng ikawalong araw dapat
ninyong ibigay sila sa akin. 31 Kayo ay magiging bayan na
ibubukod para sa akin. Kaya huwag dapat kayong kumain
ng anumang karne na ginutay-gutay ng mga hayop sa bukid.
Sa halip, dapat ninyong itapon ito sa mga aso.

**23** Hindi ka dapat magbigay ng isang maling ulat tungkol
sa sinuman. Huwag makianib sa taong masama para
maging saksi na hindi tapat. 2 Hindi mo dapat sundin ang
karamihan ng tao para gumawa ng kasamaan, ni maaari
kang sumaksi habang pumapanig kasama ang karamihan
ng tao para ilihis ang katarungan. 3 Hindi ka dapat sumang-
ayon sa isang taong dukha sa kaniyang kaso sa batas.
4 Kung makasalubong mo ang naligaw na baka ng iyong
kaaway o ang kaniyang asno, dapat mo itong ibalik sa
kaniya. 5 Kung makita mo ang asno ng sinumang napopoot
sa iyo na bumagsak sa lupa ang karga nito, hindi mo
dapat iwanan ang taong iyon. Dapat siguraduhin mong
tulungan siya kasama ang kaniyang asno. 6 Hindi mo dapat
ilihis ang katarungan kapag ito ay dapat pumunta sa iyong
bayan sa isang lalaking dukha na may kaso. 7 Huwag kang
makianib sa iba na gumagawa ng maling mga paratang,
at huwag kang pumatay ng inosente o banal, dahil hindi
ko ipapawalang sala ang masama. 8 Huwag kumukuha
ng suhol, dahil ang suhol ang bumubulag sa mga taong
nakakakita, at inililihis ang mga salita ng mga taong tapat. 9
Huwag mo dapat apihin ang dayuhan, dahil alam mo ang
buhay ng isang dayuhan, dahil naging mga dayuhan kayo
sa lupain ng Ehipto. 10 Sa loob ng anim na taon magtatanim
ka ng buto sa iyong lupain at iipunin ang mga naani. 11
Pero sa ikapitong taon lilinangin mo ito nang walang araro at
hahayaan, para ang mahihirap sa gitna ninyo ay makakain.
Kung ano ang kanilang iniwan, ang mga mababangis na
hayop ang kakain. Gagawin mo rin ito sa iyong ubasan
at sa iyong halamanang olibo. 12 Sa loob ng anim na
araw magtatrabaho ka, pero sa ikapitong araw dapat kang
magpahinga. Gawin mo ito para makapagpahinga ang iyong
baka at asno, at para ang iyong anak na lalaki ng lingkod na
babae at anumang dayuhan ay maaaring makapagpahinga
at maging masigla. 13 Bigyang-pansin ang lahat ng bagay
na aking sinabi sa iyo. Huwag mong banggitin ang mga
pangalan ng ibang mga diyos, o ni hayaang marinig ang
kanilang mga pangalan mula sa iyong bibig. 14 Dapat kang
maglakbay para magdaos ng isang pista para sa akin tatlong
beses sa bawat taon. 15 Ipagdiwang mo ang Pista ng
Tinapay na Walang Lebadura. Bilang aking utos sa iyo,
kakain ka ng tinapay na walang lebadura sa loob ng pitong
araw. Sa panahong iyon, magpapakita ka sa aking harapan
sa buwan ng Abib, na itinakda para sa layuning ito. Sa
buwang ito lumabas ka galing Ehipto. Pero hindi ka dapat
magpakita sa aking harapan na walang-dala. 16 Dapat
ipagdiwang mo ang Pista ng Pag-aani, ang unang mga
bunga ng iyong pinagtrabahuhan nang nagtanim ka ng buto
sa iyong bukirin. At saka dapat mong ipagdiwang ang Pista
ng Pagtitipon sa katapusan ng taon, kapag nalikom ninyo
ang iyong inani mula sa bukirin. 17 Dapat magpakita ang
lahat ng iyong mga kalalakihan sa harapan ko, si Yahweh,
tatlong beses sa bawat taon. 18 Dapat huwag mong ialay
ang dugo na galing sa mga handog na ginawa para sa akin
kasama ang tinapay na may lamang lebadura. Ang taba na
galing sa mga handog ng aking mga kapistahan ay hindi
dapat manatili ng buong gabi hanggang sa kinaumagahan.
19 Dapat ninyong dalhin ang unang mga prutas na piling-
pili galing sa inyong lupain sa aking bahay, ang templo ni
Yahweh na inyong Diyos. Dapat huwag mong ilalaga ang
batang kambing sa gatas ng kaniyang ina. 20 Magpapadala
ako ng anghel sa unahan mo para bantayan ka sa iyong
landas, at para dalhin ka sa lugar na aking inihanda. 21
Maging mapagmatyag ka sa kaniya at sundin mo siya.
Huwag mo siyang galitin, dahil hindi ka niya patatawarin sa
iyong mga pagsuway. Ang pangalan ko ay nasa kaniya. 22
Kung talagang susundin mo ang kaniyang tinig at gagawin
ang lahat ng bagay na sinabi ko sa iyo, sa gayon magiging
kaaway ko ang iyong mga kaaway at kalaban para sa iyong
mga kalaban. 23 Pangungunahan ka ng aking anghel at
dadalhin ka niya sa mga Amoreo, Perezeo, Cananeo, Heveo
at Jebuseo. Wawasakin ko sila. 24 Hindi ka dapat yumuko
sa kanilang mga diyos, sambahin sila, o gawin ang tulad ng
kanilang ginagawa. Sa halip, dapat mong tuluyang patalsikin
sila at basagin ang kanilang sagradong batong mga haligi
ng pira-piraso. 25 Dapat sambahin ninyo ako, si Yahweh
na iyong Diyos. Kung gagawin mo, pagpapalain ko ang
iyong tinapay at tubig. Aalisin ko ang karamdaman mula sa
inyo. 26 Walang babae na magiging baog o makukunan
sa iyong lupain. Bibigyan kita ng mahabang buhay. 27 Ako
mismo ang magpapadala ng takot sa akin para sa mga
taong naroon sa lupain kung saan ka susulong. Papatayin
ko lahat ang mga taong makakasalubong mo. Gagawin
ko ang lahat mong mga kaaway na babalik sa kanilang
landas na may takot. 28 Magpapadala ako ng mga putakti
sa unahan mo para palayasin ang mga Heveo, Cananeo, at
ang mga Heteo sa harapan mo. 29 Hindi ko sila itataboy
mula sa harapan mo sa loob ng isang taon, o ang lupain ay
magiging napabayaan, at ang mga mababangis na hayop ay
magiging napakarami para sa iyo. 30 Sa halip, palalayasin
ko sila ng paunti-unti mula sa harapan mo hanggang ikaw
ay maging mabunga at manahin ang lupain. 31 Itatakda ko
ang iyong mga hangganan mula sa Dagat ng mga Tambo
patungo sa Dagat ng Palestina, at mula sa ilang patungo

sa Ilog Eufrates. Ibibigay ko sa iyo ang tagumpay laban sa
mga naninirahan sa lupain. Palalayasin mo sila sa harapan
mo. **32** Huwag kang gumawa ng kasunduan sa kanila o
sa kanilang diyos. **33** Hindi sila dapat manirahan sa iyong
lupain o gagawin ka nilang makasalanan laban sa akin.
Kung sambahin mo ang kanilang diyos, siguradong ito ay
magiging bitag para sa iyo."

**24** Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay Moises, "Umakyat
ka papunta sa akin- ikaw, Aaron, Nadab, Abihu, at
pitumpung mga nakatatanda ng Israelita, at sambahin ako
sa kalayuan. **2** Si Moises lamang ang maaring lumapit sa
akin. Ang iba ay hindi dapat lumapit, ni maaring sumama
paakyat ang mga tao sa kaniya." **3** Pumunta si Moises sa
mga tao at sinabi ang lahat ng mga salita ni Yahweh at mga
palatuntunan. Sumagot ang lahat ng mga tao na may isang
tinig at sinabing, "Gagawin namin ang lahat ng mga salita
na sinabi ni Yahweh. **4** Pagkatapos sinulat ni Moises ang
lahat ng mga salita ni Yahweh. Umagang-umaga, nagtayo si
Moses ng altar sa paanan ng bundok at inayos ang labing
dalawang mga haligi na bato, kaya ang mga batong iyon
ang siyang kumatawan sa labing dalawang lipi ng Israel. **5**
Nagpadala siya ng ilang mga binatang Israelita para mag-
alay ng mga sinunog na handog at mag-alay ng sama-
samang handog na mga baka para kay Yahweh. **6** Kinuha
ni Moises ang kalahati ng dugo at nilagay sa loob ng mga
palanggana, iniwisik ang natirang kalahati sa ibabaw ng
altar. **7** Kinuha niya Ang Aklat ng Tipan at binasa ito ng
malakas sa mga tao. Sinabi nila, "Gagawin namin ang
lahat ng sinabi ni Yahweh. Magiging masunurin kami." **8**
Pagkatapos kinuha ni Moises ang dugo at iniwisik ito sa
mga tao. Sinabi niya, "Ito ang dugo ng tipan na ginawa ni
Yahweh para sa inyo sa pamamagitan ng pagbibigay sa inyo
ng pangakong ito kasama ang lahat ng mga salitang ito. **9**
Pagkatapos sina Moises, Aaron, Nadab, Abihu, at pitumpu
sa mga nakatatanda ng Israel ay umakyat sa bundok. **10**
Nakita nila ang Diyos ng Israel. Sa ilalim ng kaniyang mga
paa mayroong semento na gawa sa sapirong bato, na kasing
linaw ng mismong langit. **11** Hindi inilagay ng Diyos isang
kamay sa galit sa mga pinuno ng Israelita. Nakita nila ang
Diyos, at kumain at uminom sila. **12** Sinabi ni Yahweh kay
Moises, "Umakyat ka papunta sa akin sa bundok at manatili
ka doon. Ibibigay ko sa iyo ang mga tipak ng bato at ang
batas at mga utos na aking sinulat, para ituro mo sa kanila."
**13** Kaya lumakad si Moises kasama ang kaniyang utusan
na si Josue at inakyat ang bundok ng Diyos. **14** Sinabi ni
Moises sa mga nakatatanda, "Manatili kayo dito at hintayin
ninyo kami hanggang makabalik kami sa inyo. Sina Aaron
at Hur ay kasama ninyo. Kung sinuman ang mayroong
pagtatalo, hayaan mo siyang pumunta sa kanila." **15** Kaya
umakyat si Moises papunta sa bundok, at tinakpan ito ng
ulap. **16** Nanahan ang kaluwalhatian ni Yahweh sa Bundok
ng Sinai, at tinakpan ito ng ulap sa loob ng anim na araw.
Sa ikapitong araw tinawag niya si Moises mula sa loob ng
ulap. **17** Ang anyo ng kaluwalhatian ni Yahweh ay katulad
ng isang apoy na tumutupok sa ibabaw ng bundok sa mga
mata ng mga Israelita. **18** Pumasok si Moises sa ulap at
umakyat sa bundok. Naroon siya sa ibabaw ng bundok nang
apatnapung araw at apatnapung gabi.

**25** Sinabi ni Yahweh kay Moises, **2** "Sabihin sa mga
Israelita na kumuha ng isang handog para sa akin
mula sa bawat tao na hinikayat ng maluwag sa kalooban.
Dapat ninyong tanggapin ang mga handog na ito para sa
akin. **3** Ito ang mga handog na dapat ninyong tanggapin
mula sa kanila: ginto, pilak, at tanso; **4** asul, lila, at matingkad
na pulang lana; pinong lino; mga buhok ng kambing; **5** mga
tininang pulang balat ng lalaking tupa at balat ng hayop
na nakatira sa dagat; kahoy ng akasya; **6** langis para sa
mga ilawan ng santuwaryo; pampalasa para sa langis na
pangpahid at ang mahalimuyak na insenso; **7** mga oniks na
bato at ibang mga mamahaling bato na ilalagay sa epod
at baluti. **8** Hayaan silang gumawa ng isang santuwaryo
para manirahan ako sa gitna nila. **9** Dapat ninyong gawin
ito ng ganap habang ipinapakita ko sa iyo ang mga plano
para sa tabernakulo at sa lahat nitong kagamitan. **10** Sila ay
gagawa ng isang kaban ng kahoy na akasya. Ang haba
dapat nito ay dalawa at kalahating mga kubit; ang lapad
nito ay magiging isang kubit at kalahati; at ang taas nito ay
magiging isang kubit at kalahati. **11** Dapat mo itong balutin
sa loob at labas sa purong ginto, at dapat mo itong gawan
ng isang hangganang ginto sa paligid ng ibabaw nito. **12**
Dapat kayong magmolde ng apat na gintong argolya para
rito, at ilagay sila sa apat na paanan ng kaban, kasama ang
dalawang argolya sa isang gilid nito, at dalawang argolya
sa ibang gilid. **13** Dapat kayong gumawa ng mga baras ng
kahoy na akasya at balutan ito ng ginto. **14** Dapat ninyong
ilagay ang mga baras doon sa mga argolya sa mga gilid ng
kaban, para madala ang kaban. **15** Ang mga baras ay dapat
manatili sa mga argolya ng kaban; hindi dapat sila kunin
mula rito. **16** Dapat ninyong ilagay sa kaban ang tipan ng
kautusan na ibibigay ko sa inyo. **17** Dapat kayong gumawa
ng takip ng isang luklukan ng awa ng purong ginto. Ang
haba nito ay dapat dalawa at kalahating mga kubit, at ang
lapad nito ay dapat isang kubit at kalahati. **18** Dapat kayong
gumawa ng dalawang kerubin ng gintong pinanday para sa
dalawang mga dulo ng takip ng luklukan ng awa. **19** Gumawa
ng isang kerubin para sa isang dulo ng takip ng luklukan ng
awa, at ang ibang kerubin para sa kabilang dulo. Sila ay
dapat maging gawa bilang isang baluti kasama ang takip ng

luklukan ng awa. 20 Nakabuka dapat ang mga pakpak ng
kerubin pataas at nilukuban ang takip ng luklukan ng awa sa
pagitan nila. Ang kerubin ay dapat nakaharap sa isat-isa at
nakatingin patungo sa gitna ng takip ng luklukan ng awa.
21 Dapat ninyong ilagay ang takip ng luklukan ng awa sa
ibabaw ng kaban, at dapat ninyong ilagay sa kaban ang tipan
ng kautusan na ibibigay ko sa iyo. 22 Ito ang kaban na kung
saan ako ay makikipagkita sa iyo. Makikipag-usap ako sa iyo
mula sa aking kinalalagyan sa ibabaw ng takip ng luklukan
ng awa. Ito ay magmula sa pagitan ng dalawang kerubin sa
ibabaw ng kaban ng patunay na ako ay makikipag-usap sa
iyo tungkol sa lahat ng mga utos na ibibigay ko sa iyo para
sa mga Israelita. 23 Dapat kayong gumawa ng isang mesa
ng kahoy na akasya. Ang haba nito ay dapat dalawang kubit;
ang lapad nito ay dapat isang kubit, at ang taas nito ay dapat
isang kubit at kalahati. 24 Dapat balutan ninyo ito ng purong
ginto at lagyan ng gintong dulo sa paligid ng ibabaw. 25
Dapat kayong gumawa ng isang kalakip na balangkas para
dito na may isang dangkal ang lapad, kasama ng kalakip na
hangganan na ginto para sa balangkas. 26 Dapat gumawa
kayo para dito ng apat na argolya na ginto at ikabit ang mga
argolya sa apat na kanto, na kung saan ang apat na paa ay
naroon. 27 Ang mga argolya ay dapat nakakabit sa gilid
para magbigay ng mga lugar para sa mga baras, nang sa
gayon ay mabubuhat ang mesa. 28 Dapat kayong gumawa
ng mga baras galing sa kahoy na akasya at balutan sila ng
ginto para ang mesa ay maaaring buhatin nila. 29 Dapat
kayong gumawa ng mga pinggan, mga kutsara, mga pitsel,
at mga mangkok para gamitin sa pagbuhos ng inuming
mga handog. Dapat gawin ninyo sila ng purong ginto. 30
Dapat palagi ninyong ilagay ang tinapay ng presensya sa
mesa na nasa harapan ko. 31 Dapat kayong gumawa ng
isang ilawan ng purong gintong pinanday. Ang ilawan ay
gagawin na may paanan at poste. Ang mga tasa nito, ang
mga madahong paanan, at ang mga bulaklak nito ay gawa
lahat sa isang pirasong kalakip nito. 32 Anim na mga sanga
na dapat pahabain palabas mula sa mga gilid nito-tatlong
mga sanga na dapat pahabain mula sa isang gilid, at tatlong
mga sanga ng ilawan ay dapat pahabain mula sa kabilang
gilid. 33 Ang unang sanga ay dapat may tatlong mga tasa na
ginawa katulad ng almendro na mga bulaklak, kasama ang
isang madahong paanan at isang bulaklak, at tatlong mga
tasa ginawa na katulad ng almendro na mga bulaklak na
nasa ibang sanga, kasama ang isang madahong paanan
at isang bulaklak. Dapat kapareho ito sa lahat ng anim na
sanga na hahaba palabas mula sa ilawan. 34 Sa sariling
ilawan, ang gitnang katawan ng poste, apat dapat ang mga
tasang gawa tulad ng almendro na mga bulaklak, kasama
ng kanilang madahong paanan at ang mga bulaklak. 35
Dapat may isang madahong paanan sa unang pares ng mga
sanga—gawa bilang isang piraso na kasama nito, at ang
isang madahong paanan sa ilalim ng pangalawang pares ng
mga sanga—ginawa rin bilang isang piraso kasama nito. Sa
parehong paraan dapat mayroong isang madahong paanan
sa ilalim ng pangatlong pares ng mga sanga, ginawa bilang
isang piraso na kasama nito. Ito ay dapat kapareho ng
lahat ng anim na sanga na palabas mula sa ilawan. 36 Ang
kanilang mga madahong paanan at mga sanga ay dapat
maging isang piraso kasama nito, isang piraso ng pinalong
yari sa purong ginto. 37 Dapat kayong gumawa ng ilawan at
ang pitong ilaw nito, at ilagay ang mga ilaw nito para sila ay
magbigay ng liwanag mula dito. 38 Ang mga sipit at ang
kanilang mga bandeha ay dapat ginawa sa purong ginto. 39
Gumamit ng isang talentong purong ginto na ang timbang ay
34 kilo sa paggawa ng ilawan at mga kagamitan nito. 40
Siguraduhin na gagawin sila mula sa modelo na ipinapakita
sa inyo sa ibabaw ng bundok.

26 Dapat gumawa ka ng tabernakulo na may sampung
kurtina na yari sa pinong lino na kulay asul, lila,
at matingkad na pulang lana na may disenyong kerubin.
Gagawin ito ng mahusay na manggagawang lalaki. 2 Ang
haba ay dalawampu't walong kubit, ang lapad ay apat
na kubit. Dapat magkaparehong sukat ang lahat ng mga
kurtina. 3 Dapat pagdugtungin ang limang kurtina, at ang
ibang limang kurtina ay dapat idugtong sa bawat isa. 4
Dapat gumawa ka ng asul na silo sa labas ng gilid ng
kurtina sa isang pangkat. Gayundin, dapat kang gumawa
ng pareho ng gilid sa dulo ng kurtina sa pangalawang
pangkat. 5 Dapat kang gumawa ng limampung silo sa
unang kurtina, at dapat kang gumawa ng limampung silo sa
dulo ng kurtina sa pangalawang pangkat. Gawin ito para
ang mga silo ay maging magkasalungat sa bawat isa. 6
Dapat kang gumawa ng limampung panghawak na ginto
at pagdugtungin ang mga kurtina kasama ito kaya ang
tabernakulo ay magiging buo. 7 Dapat kang gumawa ng
mga kurtinang balahibo ng kambing para sa isang tolda
na pantakip sa itaas ng tabernakulo. Dapat kang gumawa
ng labing-isa sa mga kurtinang ito. 8 Ang haba ng bawat
kurtina ay dapat tatlumpung kubit, at ang lapad ng bawat
kurtina ay dapat apat na kubit. Dapat parehong sukat ang
bawat isa sa labing-isang kurtina. 9 Dapat pagdugtungin mo
ang limang kurtina at ang ibang anim na kurtina sa bawat
isa. Dapat doblehin mo ang ikaanim na kurtina sa harap ng
tolda. 10 Dapat kang gumawa ng limampung silo sa gilid
ng dulo ng kurtina sa unang pangkat at limampung silo sa
gilid ng dulo na magdugtong sa pangalawang pangkat. 11
Dapat kang gumawa ng limampung tansong panghawak at
ilagay ang mga ito sa mga silo. Pagkatapos dapat mong

pagdugtungin ng magkakasama ang mga tolda na pantakip
para maging isa. 12 Ang naiwang kalahating kurtina, iyan ay,
ang naiwang nakalaylay na bahagi galing sa mga kurtina ng
tolda, dapat nakasabit sa likod ng tabernakulo. 13 Dapat
magkaroon ng isang kubit sa isang bahagi ng kurtina, at sa
isang kubit din sa ibang bahaging kurtina—na ang naiwang
haba ng toldang kurtina ay dapat lumaylay sa mga gilid ng
tabernakulo sa isang gilid at sa kabilang gilid, para takpan
ito. 14 Dapat kang gumawa ng pantakip sa tabernakulo ng
balat ng lalaking tupa na kinulayan ng pula, at ibang pantakip
na yari sa balat para sa itaas nito. 15 Dapat kang gumawa
ng mga patayong tabla na yari sa akasyang kahoy para sa
tabernakulo. 16 Ang haba ng bawat tabla ay dapat sampung
kubit, at ang lapad ay dapat isa at kalahating kubit. 17 Dapat
may dalawang nakausli sa bawat tabla para maidugtong ang
mga tabla sa bawat isa. Gagawin mo ang lahat ng mga tabla
sa tabernakulo sa ganitong pamamaraan. 18 Kapag gagawa
ka ng mga tabla para sa tabernakulo, dapat kang gumawa
ng dalawampung tabla sa bawat timog na bahagi. 19 Dapat
kang gumawa ng apatnapung pilak na mga pundasyon sa
dalawampung tabla. Dapat may dalawang pundasyon sa
isang tabla na may dalawang patungan, at ganoon din ang
dalawang pundasyon sa ilalim ng bawat ibang tabla na
may dalawang patungan. 20 Para sa pangalawang gilid ng
tabernakulo, sa hilagang bahagi, dapat kang gumawa ng
dalawampung tabla 21 at apatnapung pilak na pundasyon.
Dapat may dalawang pundasyon sa unang tabla at dalawang
pundasyon sa sumunod na tabla at sa susunod pa. 22
Dapat kang gumawa ng anim na tabla, para sa dakong
likuran ng kanlurang gilid ng tabernakulo. 23 Dapat kang
gumawa ng dalawang tabla sa likuran ng mga sulok ng
tabernakulo. 24 Dapat magkahiwalay ang mga tablang ito
sa ilalim, pero magkadugtong sa itaas sa parehong bilog
na metal. Dapat sa ganitong paraan sa parehong likuran
ng mga sulok. 25 Dapat may walong tabla, kasama ng
mga pilak na pundasyon. Dapat mayroong labing-anim sa
lahat ng pundasyon, dalawang pundasyon sa unang tabla,
dalawang pundasyon sa ilalim ng sunod na tabla, at ganoon
din sa susunod. 26 Dapat kang gumawa ng mga pahalang
na haligi na yari sa akasyang kahoy—lima para sa mga
tabla ng isang gilid ng tabernakulo, 27 limang pahalang na
haligi sa kabilang gilid ng tabernakulo, at limang pahalang
na haligi para sa dakong likuran ng kanluran ng tabernakulo.
28 Ang pahalang na haligi sa gitna ng mga tabla, iyan ay,
kalagitnaang pataas, dapat umabot sa magkabilang dulo. 29
Dapat mong balutin ng ginto ang mga tabla. Dapat kang
gumawa ng kanilang mga gintong bilog na metal, para ang
mga ito ay magsilbing hawakan para sa mga pahalang na
haligi, at dapat balutin mo ng ginto ang mga baras. 30
Dapat mong itayo ang tabernakulo sa pamamagitan ng
pagsunod sa plano na pinakita sa iyo sa bundok. 31 Dapat
kang gumawa ng kurtina na may asul, lila at matingkad
na pulang lana, na may disenyong kerubin, gawa ito ng
mahusay na manggagawang lalaki. 32 Dapat isabit mo ito sa
limang poste ng akasya na kahoy na binalot ng ginto. Dapat
ang mga poste ay may mga kawit na gintong pangkat sa
apat na pundasyong pilak. 33 Dapat isabit mo ang kurtina
sa mga panghawak, at dapat mong dalhin ang kautusang
tipan ng kaban. Ihihiwalay ng kurtina ang banal na lugar sa
kabanal-banalang lugar. 34 Dapat mong ilagay ang takip ng
luklukan ng awa sa kautusang tipan ng kaban, na makikita
sa kabanal-banalang lugar. 35 Dapat mong ilagay ang mesa
sa labas ng kurtina. Dapat mong ilagay ang ilawan na
kasalungat ng mesa sa timog na bahagi ng tabernakulo.
Ang mesa ay dapat nasa hilagang bahagi. 36 Dapat kang
gumawa ng pabitin sa pasukan ng tabernakulo. Dapat mong
gawing asul, lila, matingkad na pulang bagay, at pinong
pinulupot ng lino, ang gawa ng taga-burda. 37 Dapat kang
gumawa ng mga limang poste ng akasya at balutin ito ng
ginto. Ang kanilang mga kawit ay ginto at limang tansong
pundasyon para sa mga ito.

**27** Dapat kang gumawa ng altar mula sa kahoy ng akasya,
limang kubit ang haba at limang kubit ang luwag.
Dapat ang altar ay parisukat na may tatlong kubit na taas. 2
Dapat kang gumawa ng karugtong na apat na mga sulok ng
parisukat na mga anyong sungay. Gagawin ang mga sungay
bilang isang bahagi ng altar, at dapat mong balutin ito ng
tanso. 3 Dapat kang gumawa ng kasangkapan para sa altar,
mga palayok para sa abo at gayundin ang mga pala, mga
palanggana, mga tinidor para sa karne at mga lalagyan
ng apoy. Dapat mong gawin ang lahat ng mga kagamitan
mula sa tanso. 4 Dapat kang gumawa ng rehas na bakal
para sa altar, tanso ang sangkap. Gumawa ng tansong
argolya sa bawat apat na mga sulok ng rehas na bakal.
5 Dapat kang maglagay ng rehas sa ilalim ng pasamano
ng altar, kalahatian pababa hanggang ilalim. 6 Dapat kang
gumawa ng mga poste para sa altar, mga poste na kahoy
ng akasya, at dapat mong balutin ang mga ito ng tanso.
7 Dapat mailagay ang mga poste sa mga argolya, at ang
mga poste ay dapat nasa dalawang tagiliran ng altar, para
madala ito. 8 Dapat mong gawin ang altar na may guwang,
na yari sa mga makapal na tabla. Dapat mong gawin ito
sa paraan na ipinakita sa iyo sa bundok. 9 Dapat kang
gumawa ng isang patyo para sa tabernakulo. Dapat may
mga nakasabit sa bahaging timog ng patyo, mga nakasabit
na pinong pinulupot na lino na isang daang kubit ang haba.
10 Dapat ang mga nakasabit ay may dalawampung mga
poste, na may dalawampung tansong mga pundasyon. Dapat

mayroon ding mga kawit na nakadugtong sa mga poste, at
gayundin sa pilak na mga baras. 11 Gayundin naman sa
tabi ng hilagang bahagi, dapat mayroong mga nakasabit
na isang daang kubit ang haba na may dalawampung mga
poste, dalawampung tansong mga pundasyon, mga kawit na
nakadugtong sa mga poste, at pilak na mga baras. 12 Sa
tabi ng patyo sa kanlurang bahagi dapat mayroong kurtinang
limampung kubit ang haba. Dapat mayroong sampung mga
poste at sampung mga pundasyon. 13 Ang patyo ay dapat
ding limampung kubit ang haba sa silangang bahagi. 14 Ang
mga nakasabit para sa isang dako ng pasukan ay dapat
labinlimang kubit ang haba. Dapat mayroon silang tatlong
mga poste na may tatlong mga pundasyon, 15 Ang ibang
bahagi rin ay dapat mayroong mga nakasabit na labinlimang
kubit ang haba. Dapat mayroon silang tatlong mga poste at
tatlong mga pundasyon. 16 Ang tarangkahan ng patyo ay
dapat mayroong isang kurtina na dalawampung kubit ang
haba. Ang kurtina ay dapat ginawa sa asul, lila at matingkad
na pulang bagay at pinong pinulupot na lino, ang gawa ng
isang taga-burda. Dapat mayroong apat na mga poste na
may apat na mga pundasyon. 17 Ang lahat ng mga poste
ng patyo ay dapat mayroong pilak na mga baras, pilak na
mga kalawit at tansong mga pundasyon. 18 Ang haba ng
patyo ay dapat isang daang kubit, ang lapad ay limampung
kubit at ang taas ay limang kubit na may pinong pinulupot
na lino ang lahat ng mga nakasabit sa tabi at ang mga
pundasyon ay tanso. 19 Lahat ng kasangkapan na gagamitin
sa tabernakulo at ang lahat ng mga tulos ng tolda para sa
tabernakulo at patyo ay dapat gawa sa tanso. 20 Dapat
mong utusan ang mga Israelita na magdala ng purong langis
ng pinisang olibo para sa ilawan para magpapatuloy itong
masunog. 21 Sa tolda ng pagpupulong, sa labas ng kurtina
na nasa harapan ng tipan ng kautusan, si Aaron at kaniyang
mga anak na lalaki ay dapat panatilihin ang mga ilawan mula
sa gabi hanggang sa umaga sa harapan ni Yahweh. Ang
utos na ito ay magiging isang walang hanggang kautusan
magpakailanman sa buong mga salinlahi sa bansa ng Israel.

**28** Tawagin mo ang iyong kapatid na si Aaron at ang
kaniyang mga anak na lalaki na sina Nadab, Abihu,
Eleazar, at Itamar mula sa mga Israelita para maglingkod sila
sa akin bilang mga pari. 2 Dapat kang gumawa ng kasuotan
para kay Aaron, na iyong kapatid, na inihandog para sa
akin. Ang kasuotang ito ay magiging kaniyang karangalan at
kagandahan. 3 Dapat mong sabihin sa lahat ng mga tao
nang may katalinuhan sa puso, pinuno ko sila ng espiritu
ng karunungan, para makagawa sila ng mga kasuotan ni
Aaron para itakda siyang nakahiwalay para maglingkod sa
akin bilang pari. 4 Ang mga kasuotan na dapat nilang gawin
ay isang baluti, isang efod, isang balabal, isang kasuotang
gawa sa habi, isang turbante at isang sintas. Dapat nilang
gawin ang mga kasuotang ito para ihandog sa akin. Ito ay
para sa iyong kapatid na si Aaron at sa kaniyang mga anak
na lalaki para maaari silang maglingkod sa akin bilang mga
pari. 5 Dapat gumamit ang mga manggagawang lalaki ng
pinong lino na ginto, asul, lilak at matingkad na pula. 6 Dapat
silang gumawa ng efod na ginto, asul, lilak at matingkad na
pulang lana, at ng pinulupot na pinong lino. Dapat gawa ito
ng isang bihasang manggagawang lalaki. 7 Dapat mayroon
itong dalawang pirasong pambalikat na nakakabit sa itaas ng
dalawang sulok. 8 Ang makinis na habing sinturon ay dapat
kagaya ng efod; dapat gawa ito sa isang piraso kasama
ng efod, na gawa sa nakapilipit na pinong lino na ginto,
asul, lilak, at matingkad na pula. 9 Dapat kang kumuha ng
dalawang batong oniks at iukit dito ang mga pangalan ng
labindalawang anak na lalaki ni Israel. 10 Anim sa kanilang
mga pangalan ay dapat nasa isang bato, at ang anim
na pangalan dapat ay nasa ibang bato, ayon sa kanilang
kapanganakan. 11 Sa pamamagitan ng gawa ng mang-uukit
ng bato, kagaya ng pag-ukit sa isang selyo, dapat mong
ipaukit ang dalawang bato kasama ng mga pangalan ng
labindalawang anak na lalaki ni Israel. Dapat mong ilagay
ang mga bato sa lalagyang ginto. 12 Dapat mong ilagay
ang dalawang bato sa mga pirasong pambalikat ng efod,
para maging mga bato para magpapaalala kay Yahweh sa
mga anak na lalaki ni Israel. Si Aaron ang magdadala ng
kanilang mga pangalan sa harap ni Yahweh sa kaniyang
dalawang balikat bilang isang paalala sa kaniya. 13 Dapat
kang gumawa ng mga lalagyang ginto 14 at dalawang mga
tinirintas na kadena sa purong ginto kagaya ng mga tali,
at dapat mong ikabit ang mga kadena sa mga lalagyan.
15 Dapat kang gumawa ng isang baluti para sa paggawa
ng desisyon, ang gawa ng isang bihasang manggagawang
lalaki, gaya ng pagkakagawa ng efod. Gawin ito sa ginto,
sa asul, lilak, at matingkad na pulang lana, at sa pinong
lino. 16 Ito ay parisukat. Dapat mong tiklupin ng doble ang
baluti. Dapat isang dangkal ang haba at isang dangkal ang
lapad nito. 17 Dapat mong ilagay ito sa apat na hanay ng
mahalagang mga bato. Ang unang hanay ay dapat may isang
rubi, isang topaz, at isang karbungko. 18 Ang ikalawang
hanay ay dapat may isang esmeralda, isang sapiro, at isang
dyamante. 19 Ang pangatlong hanay ay dapat may isang
hasinto, isang agata, at isang amatista. 20 Ang pang-apat
na hanay ay dapat may isang berilo, isang oniks, at isang
haspe. Dapat nakakabit ito sa mga lalagyang ginto. 21
Dapat ang mga bato ay nakaayos ayon sa mga pangalan
ng labindalawang anak na lalaki ni Israel, bawat pangalan
na magkakasunod-sunod. Dapat katulad sila sa nakaukit
ng isang selyong singsing, bawat pangalan ay tumatayo

bilang isa sa mga labindalawang lipi. 22 Dapat kang gumawa
sa baluti ng mga kadena kagaya ng mga tali, tinirintas na
gawa sa purong ginto. 23 Dapat kang gumawa ng dalawang
singsing na ginto para sa baluti at kailangang ikabit ang mga
ito sa dalawang dulo ng baluti. 24 Dapat mong ikabit ang
dalawang kadenang ginto sa dalawang kanto ng baluti. 25
Dapat ikabit mo ang kabilang dulo ng dalawang kadenang
tinirintas sa dalawang lalagyan. Pagkatapos dapat ikabit
mo ang mga ito sa dalawang pambalikat sa harap ng efod.
26 Dapat kang gumawa ng dalawang singsing na ginto, at
dapat ilagay mo ang mga ito sa kabila ng dalawang kanto
ng baluti, sa dulo ito bago sa panloob na hangganan. 27
Dapat kang gumawa ng dalawa pang singsing na ginto,
at dapat mong ikabit ito sa ilalim ng dalawang pambalikat
sa harap ng efod, malapit ito sa pinagtahian sa itaas ng
pinong habing sintas sa baywang ng efod. 28 Dapat talian
ang baluti sa bawat mga singsing nito patungo sa mga
singsing ng epod sa pamamagitan ng isang asul na tali,
para ito ay maikabit sa itaas lamang ng habing sinturon
sa baywang ng efod. Para hindi na matanggal ang baluti
mula sa efod. 29 Kapag si Aaron ay papasok sa banal
na lugar, dapat dalhin niya ang mga pangalan ng mga
labindalawang anak na lalaki ni Israel sa baluti para gumawa
ng mga desisyon sa kaniyang puso. Magsisilbi ito bilang
isang palagiang paalala kay Yahweh. 30 Dapat ang Urim
at Tummim ay ilagay sa baluti para sa paggawa ng mga
desisyon. Ang mga ito ay dapat nasa dibdib ni Aaron kapag
siya ay pupunta sa harap ni Yahweh, dapat palaging dala ni
Aaron sa kaniyang dibdib ang paggawa ng mga desisyon
para sa mga Israelita sa harap ni Yahweh. 31 Dapat kang
gumawa ng balabal ng epod na lahat ay galing sa telang
lilak. 32 Dapat mayroon itong isang bukasan sa gitna para sa
ulo. Dapat habiin ang gilid ng bukasan paikot para hindi ito
mapunit. Dapat gawa ito ng isang manghahabi. 33 Sa dulo
ng laylayan, dapat kang gumawa ng mga granada na asul,
lilak, at matingkad na pulang tali sa lahat ng palibot. Mga
gintong kampanilya ay dapat paikot sa pagitan nila. 34 Dapat
mayroong isang gintong kampanilya at isang granada, isang
gintong kampanilya at isang granada na magkakasunod-
sunod sa palibot ng laylayan ng balabal. 35 Dapat isuot ni
Aaron ang balabal kapag maglilingkod siya, para marinig
ang tunog nito kapag papasok siya sa banal na lugar sa
harap ni Yahweh at kapag aalis siya. Nang sa gayon, hindi
siya mamamatay. 36 Dapat kang gumawa ng plato sa purong
gintong at iukit dito, katulad ng nakaukit sa isang selyo,
HANDOG KAY YAHWEH. 37 Dapat mong ikabit ang plato
na ito sa isang asul na tali patungo sa harap ng turbante.
38 Dapat nasa noo ito ni Aaron; dapat palaging siyang
magdadala ng anumang pagkakasala na nakakabit sa pag-
aalay ng banal na mga regalo ng mga Israelita na handog
kay Yahweh. Dapat ang turbante ay palaging nasa noo niya
para tanggapin ni Yahweh ang kanilang mga regalo. 39
Dapat kang gumawa ng kasuotang gawa sa pinong lino, at
dapat kang gumawa ng isang turbante na pinong lino. Dapat
ka ring gumawa ng isang sintas, na gawa ng isang taga-
burda. 40 Para sa mga anak na lalaki ni Aaron gumawa ka
ng mga kasuotan, mga sintas, at mga bandana, para sa
kanilang karangalan at kagandahan. 41 Dapat mong damitan
si Aaron na iyong kapatid, at ang kaniyang mga anak na
lalaki na kasama niya. Dapat mo silang buhusan ng langis,
italaga sila, at ihandog sila sa akin, para maglingkod sila sa
akin bilang mga pari. 42 Dapat mo silang igawa ng mga
linong salawal para matakpan ang kanilang mga pribadong
parte, salawal para takpan sila mula sa baywang hanggang
sa mga hita. 43 Dapat isuot ito ni Aaron at ng kaniyang mga
anak na lalaki kapag papasok sila sa tolda ng pagpupulong
o kapag lalapit sila sa altar para maglingkod sa banal na
lugar. Dapat nila itong gawin para hindi sila magdala ng
pagkakasala at mamatay. Mananatili itong isang alituntunin
para kay Aaron at sa kaniyang mga kaapu-apuhan kasunod
niya.

**29** Ngayon ito ang dapat mong gawin sa pagtatalaga sa
kanila sa akin para sila ay makapaglingkod bilang mga
pari. Kumuha ka ng isang batang toro at dalawang lalaking
tupa na walang bahid, 2 tinapay na walang lebadura, at
mamon na walang lebadurang hinalong langis. At saka
kumuha ka ng apa na walang lebadurang pinahiran ng
langis. Gawin mo ang mga apa gamit ang pino na trigong
harina. 3 Dapat mo itong ilagay sa isang buslo, dalhin
ang mga ito sa buslo, at ihandog mo kasama ang toro at
dalawang lalaking tupa. 4 Dapat mong iharap si Aaron at
ang kaniyang mga anak na lalaki sa pasukan ng tolda ng
pagpupulong. Dapat mong paliguan si Aaron at ang kaniyang
mga anak na lalaki sa tubig. 5 Dapat kang kumuha ng mga
damit at damitan si Aaron kasama ang kapa, ang balabal ng
efod, ang efod, at ang baluti, kabitan ng makinis na habing
sinturon ng efod na nakapalibot sa kaniya. 6 Dapat mong
itakda ang turbante sa kaniyang ulo at ilagay ang banal na
korona sa turbante. 7 Pagkatapos kumuha ng pambasbas na
langis at ibuhos sa kaniyang ulo, at sa ganitong paraan siya
babasbasan. 8 Dapat mong dalhin ang kaniyang mga anak
na lalaki at ilagay ang mga kapa sa kanila. 9 Dapat mong
damitan si Aaron at ang kaniyang mga anak na lalaki na may
kasamang mga sintas at ilagay ang kanilang pamigkis sa
ulo. Ang gawain ng pagkapari ay mabibilang na sa kanila sa
pamamagitan ng palagiang batas. Sa ganitong paraan dapat
mong gawing banal si Aaron at ang kaniyang mga anak na
lalaki para sa kanilang paglilingkod sa akin. 10 Dapat mong

dalhin lahat ng toro sa harap ng tolda ng pagpupulong, at
ipatong ang kamay ni Aaron at ang kamay ng kaniyang mga
anak na lalaki sa ulo nito. 11 Dapat mong patayin ang mga
toro sa aking harapan, si Yahweh, sa pasukan ng tolda ng
pagpupulong. 12 Dapat mong kunin ang ilang dugo ng toro
at ilagay mo ito sa sungay ng altar gamit ang iyong daliri, at
dapat mong ibuhos ang natirang dugo sa paanan ng altar.
13 Dapat mong kunin ang lahat ng taba na nakatakip sa
mga lamang-loob, at saka kumuha ng panakip sa atay at sa
dalawang lapay na may kasamang taba na nasa kanila;
sunugin ang lahat ng ito sa altar. 14 Pero ang laman ng
mga toro, at ang balat at dumi, sunugin mo ito sa labas ng
kampo. Ito ay handog para sa kasalanan. 15 Dapat mo ring
kunin ang isang lalaking tupa, at ipatong ang kamay ni Aaron
at ang mga kamay ng kaniyang mga anak na lalaki sa ulo
nito. 16 Dapat mong patayin ang lalaking tupa. Pagkatapos
kunin ang dugo at isaboy ito sa magkabilang gilid ng altar.
17 Dapat mong hiwain ang lalaking tupa na pira-piraso at
hugasan ang mga lamang-loob at ang mga binti, at ilagay
mo ang lamang-loob, sabay ng pira-piraso at kasama ang
ulo nito, 18 sa altar. Pagkatapos sunugin ang buong lalaking
tupa. Ito ay maging sinunog na handog sa akin, si Yahweh.
Ito ay magdudulot ng matamis na halimuyak sa akin; ito
ay magiging isang handog sa pamamagitan ng apoy. 19
Dapat mong kunin ang iba pang lalaking tupa, at ipatong ang
kamay ni Aaron at ang mga kamay ng kaniyang mga anak
na lalaki sa ulo nito. 20 Pagkatapos dapat mong patayin ang
lalaking tupa at kunin ang ilan sa dugo nito. Ilagay ito sa
dulo ng kanang tainga ni Aaron, at sa dulo ng kanang tainga
ng kaniyang mga anak na lalaki, sa hinlalaki ng kanilang
kanang kamay, at sa hinlalaki ng kanilang kanang paa.
Pagkatapos isaboy ang dugo sa magkabilang gilid ng altar.
21 Dapat mong kunin ang ilan sa mga dugo na nasa altar at
ilan sa binasbasang langis, at isaboy ang lahat ng ito kay
Aaron at sa kaniyang mga damit, at saka sa kaniyang mga
anak na lalaki at sa kanilang mga damit. Ilalaan si Aaron
para sa akin, at ang kaniyang mga damit, kasama niya ang
kaniyang mga anak na lalaki at mga damit ng kaniyang mga
anak na lalaki. 22 Dapat mong kunin ang mga lalaking tupa,
ang taba ng buntot, ang taba na nakatakip sa lamang-loob,
ang panakip sa atay, ang dalawang lapay, at ang kanang
hita—dahil ang lalaking tupang ito ay para sa pagtatalaga
sa mga pari para sa akin. 23 Kumuha ng isang tinapay,
isang mamon ng tinapay na gawa sa langis, at isang apa sa
labas ng buslo ng tinapay na walang lebadura na sa aking
harapan, si Yahweh. 24 Dapat mong ilagay ang mga ito sa
kamay ni Aaron at sa kamay ng kaniyang mga anak na
lalaki. Dapat nilang itaas ito sa aking harapan, si Yahweh,
at ipapakita nila ito bilang paghahandog sa akin. 25 Dapat
mong kunin ang mga pagkain galing sa kanilang mga kamay
at sunugin ito sa altar kasama ang handog na susunugin.
Ito ay magbibigay ng matamis na halimuyak sa akin; ito ay
handog na gawa sa apoy. 26 Dapat kang kumuha ng dibdib
ng lalaking tupa na handog ni Aaron at itaas ito at ipapakita
ito bilang handog para sa akin, si Yahweh. Pagkatapos ito
ang bahagi na inyong kakainin. 27 Dapat mong ihandog sa
akin ang dibdib ng paghahandog na itinaas na matayog at
ang hita ng paghahandog na ipinapakita— dibdib na itinaas
at ang hita na ipinakita, kapwa nanggaling sa lalaking tupa
para sa pagpapatunay kay Aaron at sa kaniyang mga anak
na lalaki sa akin. 28 Ang mga bahagi ng laman na ito, na
ibinigay ng mga Israelita, ay kailangang mabibilang kay
Aaron at sa kaniyang mga kaapu-apuhan magpakailanman.
Sa pamamalakad para sa mga handog sa pagtitipon, ito
ay maging handog para sa mga pari na kinuha mula sa
mga handog ng mga Israelita na mga handog na ipinakita
sa akin, si Yahweh. 29 Ang banal na mga damit ni Aaron
ay dapat na isantabi para sa kaniyang mga anak na lalaki
na susunod sa kaniya. Dapat silang basbasan at italaga
ang mga ito sa akin. 30 Ang pari na susunod sa kaniya
mula sa kaniyang mga anak na lalaki, na nanggaling sa
tolda ng pagpupulong para ako ay paglingkuran sa banal na
lugar, ay kanilang isuot ang ganoong mga damit sa loob
ng pitong araw. 31 Dapat mong kunin ang lalaking tupa
para sa pagtatalaga sa mga pari para sa akin at pakuluan
ang laman nito sa banal na lugar. 32 Kakainin ni Aaron
at ng kaniyang mga anak na lalaki ang laman ng lalaking
tupa at tinapay na nakalagay sa buslo sa pasukan ng
tolda ng pagpupulong. 33 Dapat nilang kainin ang laman
at tinapay na binigay para pambayad ng kasalanan nila at
sa pagtatalaga sa kanila, para ilaan sa akin. Walang ibang
kakain ng pagkain, dahil dapat nila itong ituring na banal at
ilaan para sa akin. 34 Kung alinman sa laman ng itinalagang
handog, o alinman sa tinapay ay maiwan sa susunod na
umaga, dapat sunugin na ninyo ito. Hindi ito dapat kainin
dahil ito ay itinalaga na sa akin. 35 Sa ganitong paraan,
sa pagsunod sa lahat ng iniutos ko sa iyo na gawin, dapat
mong pakitunguhan si Aaron at ang kaniyang mga anak
na lalaki. Dapat kang kumuha ng pitong araw para italaga
sila sa akin. 36 Bawat araw dapat kang maghandog ng toro
bilang isang handog pambayad para sa kasalanan. Dalisayin
mo ang altar sa pamamagitan ng paggamit ng pambayad
para sa kasalanan nito, at kailangan mo itong buhusan ng
langis para sa pagtatalaga sa akin. 37 Sa pitong araw dapat
kang gumawa ng pambayad para sa kasalanan para sa
altar at italaga ito kay Yahweh. Pagkatapos ang altar ay
ganap na italaga sa akin. Anumang paghahawak sa altar
ay ibubukod para kay Yahweh. 38 Dapat kang maghandog

palagi ng dalawang tupa na isang taon ang gulang doon sa
altar araw-araw. **39** Dapat kang maghandog ng isang tupa
sa umaga, at ang isang tupa ay ihandog mo sa paglubog ng
araw. **40** Kasama ang unang tupa, maghandog ng ikasampu
ng epa ng pinong harina na hinaluan ng ikaapat na bahagi
ng hin ng langis galing sa pinigang olibo, at ang ikaapat
na bahagi ng hin ng alak bilang inuming handog. **41** Dapat
kang maghandog ng pangalawang tupa sa paglubog ng
araw. Dapat kang maghandog ng pagkaing butil sa umaga
at parehong inuming handog. Ang mga ito ay magdudulot ng
matamis na halimuyak sa akin; ito ang magiging handog na
gawa para sa akin sa apoy. **42** Ang mga ito ay magiging
palagiang handog na susunugin sa buong salinlahi ng inyong
bayan. Dapat mong gawin ang mga ito sa pasukan ng
tolda ng pagpupulong sa aking harapan, si Yahweh, kung
saan ako makikipagkita para makipag-usap sa iyo. **43** Doon
kung saan ako makikipagkita sa mga Israelita; ang tolda ay
ihihiwalay para sa akin sa aking kaluwalhatian. **44** Itatalaga
ko ang tolda ng pagpupulong at ang altar para ang mga
ito ay mabilang sa akin lamang. Itatalaga ko rin si Aaron
at ang kaniyang mga anak na lalaki para maglingkod sa
akin bilang mga pari. **45** Maninirahan ako kasama ng mga
Israelita at kanilang magiging Diyos. **46** Malalaman nila na
ako si Yahweh, ang kanilang Diyos, na kumuha sa kanila
palabas mula sa lupain ng Ehipto kaya ako ay maninirahan
kasama nila. Ako si Yahweh, kanilang Diyos.

**30** Dapat kang gumawa ng altar para magsunog ng
insenso. Dapat mong gawin ito sa kahoy ng akasya. **2**
Ang haba nito ay dapat isang kubit, at ang lapad nito ay
isang kubit. Ito ay dapat maging parisukat, at ang taas nito
ay dapat dalawang kubit. Ang mga sungay nito ay dapat
gawin bilang kaisang piraso nito. **3** Dapat mong balutin ang
altar ng insenso sa purong ginto—ang tuktok nito, ang mga
gilid nito, at ang mga sungay nito. Dapat kang gumawa ng
isang hangganang ginto sa palibot para dito. **4** Dapat kang
gumawa ng dalawang argolyang ginto para maisama dito sa
ibaba ng hangganan nito sa dalawang magkabilang bahagi
nito. Ang mga argolya ay dapat maging mga lalagyan ng
mga baras para madala ang altar. **5** Dapat ninyong gawin
ang mga baras sa kahoy ng akasya, at dapat ninyong balutin
ang mga ito sa ginto. **6** Dapat ninyong ilagay ang altar ng
insenso bago sa kurtina na nasa kaban ng mga kautusang
tipan. Ito ay bago sa takip ng luklukan ng awa na nasa
ibabaw ng kaban ng mga kautusang tipan, kung saan ako
ay makikipagtagpo sa inyo. **7** Dapat si Aaron ang magsunog
ng mabangong insenso sa tuwing umaga. Dapat niyang
sunugin ito kapag inaayos niya ang mga lampara. **8** Kapag
sisindihan ni Aaron ang mga lampara muli sa gabi, dapat
siyang magsunog ng insenso sa altar ng insenso. Dapat
itong maging isang palagiang pagsusunog ng insenso sa
harap ko, si Yahweh, sa buong salinlahi ng inyong bayan. **9**
Pero kayo ay mag-aalay ng walang ibang insenso sa altar
ng insenso, o anumang pagsusunog ng alay o handog na
pagkaing butil. Dapat mong buhusan ng walang inuming
handog dito. **10** Dapat si Aaron ay gumawa ng luklukan ng
awa sa mga sungay ng altar ng insenso minsan sa isang
taon. Dapat niyang gawin ito gamit ang dugo ng handog
para sa pagbayad ng kasalanan. Ang punong pari ang
siyang dapat na gumawa nito sa buong salinlahi ng inyong
lahi. Ang pag-aalay na ito ay ganap na ilaan sa akin, si
Yahweh." **11** Nagsalita si Yahweh kay Moises at sinabing,
**12** "Kapag kumuha ka ng isang talaan ng mga Israelita,
pagkatapos ang bawat tao ay dapat magbigay ng pangtubos
para sa kaniyang buhay kay Yahweh. Dapat mong gawin ito
pagkatapos mo silang bilangin, para walang maging salot
sa kanila kapag binibilang mo sila. **13** Ang bawat isa na
nabilang sa talaan ay magbabayad ng kalahating pilak na
sekel, ayon sa timbang ng sekel ng santuwaryo (isang sekel
ay kapareho ng dalawampung gera). Itong kalahating sekel
ay magiging alay sa akin, si Yahweh. **14** Ang bawat isa na
nabilang, mula dalawampung taong gulang at pataas, ay
dapat magbigay nitong alay sa akin. **15** Kapag magbibigay
ang mga tao nitong alay sa akin para gumawa ng pambayad
sa kasalanan para sa kanilang mga buhay, ang mayayaman
ay hindi dapat magbigay ng higit pa sa kalahating sekel, at
ang mga mahihirap ay hindi dapat magbigay ng kulang. **16**
Dapat mong tanggapin itong perang pambayad sa kasalanan
mula sa mga Israelita at dapat mong ilaan ito para sa gawain
sa tolda ng pagpupulong. Ito ay dapat maging isang paalala
sa mga Israelita sa akin, para gumawa ng pangtubos ng
kasalanan para sa inyong mga buhay." **17** Nagsalita si
Yahweh kay Moises at sinabi, **18** "Dapat ka ring gumawa ng
isang malaking tansong palanggana na mayroong tansong
tuntungan, isang palanggana para hugasan. Dapat mo itong
ilagay sa pagitan ng tolda ng pagpupulong at ng altar, at
kailangan mo itong lagyan ng tubig. **19** Si Aaron at kaniyang
mga anak na lalaki ay dapat maghugas ng kanilang mga
kamay at kanilang mga paa ng tubig nito. **20** Kapag pumasok
sila sa tolda ng pagpupulong o kapag lumalapit sila sa altar
para maglingkod sa akin sa pagsusunog ng handog, dapat
silang maghugas ng tubig sa gayon ay hindi sila mamatay.
**21** Dapat nilang hugasan ang kanilang mga kamay at paa
para hindi sila mamatay. Dapat itong maging palagiang
batas para kay Aaron at sa kaniyang mga kaapu-apuhan
sa buong salinlahi ng kanilang bayan." **22** Nagsalita si
Yahweh kay Moises at sinabi, **23** "Kunin mo itong mga
pinong pampalasa: limandaang sekel ng umaagos na mira,
250 sekel ng matamis na halimuyak na kanela, 250 sekel

ng matamis na halimuyak na tubo, **24** limandaang sekel
ng kassia, sinukat sa timbang ng sekel ng santuwaryo, at
isang hin ng langis ng olibo. **25** Dapat kang gumawa ng
banal na langis ng pagpapahid kasama ang mga sangkap
na ito, ang gawa ng tagapagpabango. Ito ay magiging banal
na langis ng pagpapahid, inilaan para sa akin. **26** Dapat
mong basbasan ang tolda ng pagpupulong ng langis na ito,
gayon din sa kaban ng kautusang tipan, **27** ang mesa at ang
lahat ng mga kasangkapan nito, ang tuntungan ng ilaw at ng
kasangkapan nito, ang altar ng insenso, **28** ang altar para sa
sinunog na mga alay kasama ng lahat ng mga kasangkapan
nito, at ang palanggana kasama ng kaniyang tuntungan.
**29** Dapat mong ilaan ang mga ito sa akin para ang mga
ito ay ganap na mailaan sa akin. Ang anumang humawak
sa kanila ay ibubukod din para sa akin. **30** Dapat mong
basbasan si Aaron at ang kaniyang mga anak na lalaki at
ilaan mo sila sa akin para sila ay maglingkod sa akin bilang
mga pari. **31** Dapat mong sabihin sa mga Israelita, 'Ito dapat
ang langis ng pagpapahid na inilaan kay Yahweh sa buong
salinlahi ng iyong bayan. **32** Ito ay hindi dapat mailapat sa
balat ng mga tao, o gumawa man lang kayo sa alinmang
langis na kaparehong sangkap, dahil inilaan ito kay Yahweh.
Dapat mong isaalang-alang ito sa ganitong paraan. **33** Ang
sinumang gumawa ng pabango gaya nito, o kung sinumang
maglagay ng alinman nito sa isang tao, ang taong iyon ay
dapat alisin sa kaniyang bayan." **34** Sinabi ni Yahweh kay
Moises, "Kumuha ng mga pampalasa—estacte, onycha, at
galbano—matamis na mga pampalasa kasama ng purong
kamanyang, ang bawat isa ay magsindami. **35** Gawin ito
sa paraan ng insenso, hinalo ng isang tagapagpabango,
pinalasa ng asin, puro at inilaan sa akin. **36** Gigilingin mo
ito sa napakapinong paghalo. Maglagay ng bahagi nito sa
harap ng kaban ng mga kautusang tipan, na nasa tolda ng
pagpupulong, kung saan ako ay makikipagtagpo sa inyo.
Ituturing mo ito bilang ganap na pag-aalay sa akin. **37** Bilang
para sa insensong ito na iyong gagawin, hindi ka dapat
gumawa ng anumang kaparehong mga sangkap para sa
iyong sarili. Ito ay dapat maging pinakabanal sa iyo. **38**
Ang sinumang gumawa ng anumang gaya nito para gamitin
bilang pabango ay dapat alisin mula sa kaniyang bayan."

**31** Nagsalita si Yahweh kay Moises, **2** "Tingnan mo,
tinawag ko sa pangalan si Bezalel anak na lalaki ni Uri
na anak na lalaki ni Hur, mula sa lipi ni Juda. **3** Pinuno ko si
Bezalel ng aking Espiritu, para bigyan siya ng karunungan,
pang-unawa, at kaalaman, para sa lahat ng uri ng gawain, **4**
para gumawa ng pang-sining na mga disenyo at para sa
paggawa sa ginto, pilak, at tanso; **5** para rin sa pagputol
at paglagay ng mga bato at para sa pang-ukit ng kahoy-
para gawin ang lahat ng uri ng gawain. **6** Bukod sa kaniya,
hinirang ko si Oholiab anak na lalaki ni Ahisamach, mula sa
lipi ni Dan. Nilagyan ko ng kasanayan ang mga puso ng
mga matalinong tao kaya magagawa nila ang lahat ng pag-
uutos ko sa iyo. Kabilang dito **7** ang tolda ng pagpupulong,
ang kaban ng tipan ng kautusan, ang takip ng luklukan ng
awa na nasa kaban, at ang lahat na kasangkapan ng tolda-
**8** ang mesa at ang mga kagamitan nito, ang purong ilawan
kasama ang mga kagamitan nito, ang altar ng incenso, **9**
ang altar para sa mga sinunog na handog kasama ang
lahat ng kasangkapan nito, at ang malaking palanggana
kasama ang paanan nito. **10** Kabilang din dito ang hinabing
pinong pananamit, ang mga banal na pananamit para kay
Aaron ang pari at sa kaniyang mga anak na lalaki, na
nakalaan para sa akin kaya sila ay maglilingkod bilang
mga pari. **11** Kabilang din ang langis na pangpahid at ang
mabangong insenso para sa banal na lugar. Gagawin ng
mga manggagawang ito ang lahat ng bagay na aking inutos
sa iyo." **12** Nagsalita si Yahweh kay Moises, **13** "Sabihin mo
sa mga Israelita: 'Dapat ninyong panatilihing tiyak ang mga
Araw ng Pamamahinga ni Yahweh, dahil ito ang magiging
tanda sa pagitan niya at sa inyo sa buong salinlahi ng iyong
bayan kaya malalaman ninyo na siya ay si Yahweh, siyang
nagtakda sa iyo para sa kaniya. **14** Kaya dapat ninyong
panatiliin ang Araw ng Pamamahinga, para dapat ninyong
ituring ito bilang banal, na nakalaan para sa kaniya. Bawat isa
na dumungis dito ay dapat talagang mamatay. Kung sinuman
ang gumagawa sa Araw ng Pamamahinga, ang taong iyan
ay tiyak na dapat putulin mula sa kaniyang bayan. **15** Ang
gawain ay natapos ng anim na araw, pero ang ikapitong
araw ay magiging isang Araw ng Pamamahinga ng ganap
na pamamahinga, banal, nakalaan para sa karangalan ni
Yahweh. Sinuman ang gumagawa ng kahit anong gawain sa
Araw ng Pamamahinga ay dapat siguraduhing malagay sa
kamatayan. **16** Kaya ang mga Israelita ay dapat panatilihin
ang Araw ng Pamamahinga. Dapat nilang suriin ito saanman
sa salinlahi ng kanilang bayan bilang isang palagiang batas.
**17** Ang Araw ng Pamamahinga ay laging magiging isang
tanda sa pagitan ni Yahweh at ng mga Israelita, dahil sa
anim na araw na ginawa ni Yahweh ang langit at lupa, at
sa ikapitong araw siya ay nagpahinga at naginhawaan.'"
**18** Nang matapos makipag-usap ni Yahweh kay Moises sa
bundok ng Sinai, binigyan niya siya ng dalawang tipak ng
bato ng tipan ng mga kautusan, gawa sa bato, nakasulat sa
pamamagitan ng kaniyang sariling kamay.

**32** Nang makita ng mga tao na si Moises ay natagalang
bumaba sa bundok, nagtipon sila sa paligid ni Aaron at
sinabi sa kaniya, "Halika, igawa mo kami ng diyos-diyosan
na mangunguna sa amin. Dahil itong si Moises, ang taong
nagdala sa amin palabas sa lupain ng Ehipto, hindi namin

alam kung ano ang nangyari sa kaniya." 2 Kaya sinabi ni
Aaron sa kanila, "Kunin ninyo ang mga gintong hikaw sa mga
tainga ng inyong mga asawa at sa mga tainga ng inyong mga
anak na lalaki at sa mga anak na babae at dalhin ang mga
ito sa akin. 3 Kinuhang lahat ng mga tao ang mga gintong
hikaw na nasa kanilang mga tainga at dinala ang mga ito
kay Aaron. 4 Natanggap niya ang ginto mula sa kanila, niyari
ito sa isang molde, at ginawa ito sa isang minoldeng guya.
Pagkatapos sinabi ng mga tao, "Israel, ito ang inyong diyos
na nagdala sa inyo palabas sa lupain ng Ehipto." 5 Nang
nakita ito ni Aaron, nagtayo siya ng isang altar sa harap ng
guya at ginawa sa isang pagpapahayag, sinabi niya, "Bukas
magkakaroon ng pagdiriwang sa karangalan ni Yahweh.
6 Kinabukasan gumising ng maaga ang mga tao at nag-
alay ng mga sinunog na handog at sama-samang nagdala
ng mga alay. Pagkatapos sila ay umupo para kumain at
uminom, at pagkatapos tumindig para makipag-inuman sa
mahalay na pagdiriwang. 7 Pagkatapos nagsalita si Yahweh
kay Moises, "Umalis ka agad, dahil sa iyong bayan, na
nagdala palabas sa lupain ng Ehipto, naging masama ang
kanilang mga sarili. 8 Mabilis silang umalis sa daan na
aking inutos sa kanila. Nagmolde sila para sa kanilang
sarili ng isang guya at sumamba dito at naghandog dito.
Sinabi nila, 'Israel, "Ito ang inyong diyos na nagdala palabas
sa lupain ng Egipto." 9 Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay
Moises, "Nakita ko ang bayang ito. Tingnan mo, sila ay mga
taong mapagmatigas. 10 Kaya pagkatapos, huwag mong
subukang pigilan ko. Ang aking galit ay sisiklab laban sa
kanila, kaya wawasakin ko sila. "Pagkatapos gagawa ako
ng isang dakilang bansa mula sa iyo." 11 Pero sinubukang
huminahon ni Moises si Yahweh na kaniyang Diyos. Sinabi
niya, "Yahweh, bakit ang inyong galit ay sumiklab laban sa
iyong bayan, na nagdala palabas sa lupain ng Ehipto na may
dakilang kapangyarihan at may malakas na kamay? 12 Bakit
kailangang sabihin ng mga taga-Ehipto, "Pinangunahan niya
sila nang may masamang layunin, para patayin sila sa mga
bundok at para wasakin sila sa ibabaw ng mundo? Magbalik
ka mula sa iyong nagsusumiklab na galit at mahabag ang
loob mula sa kaparusahan ng iyong bayan. 13 Alalahanin
mo sina Abraham at Isaac at Israel, iyong mga lingkod, na
siyang sumumpa sa pamamagitan ng iyong sarili mismo
at sinabi sa kanila, "Gagawin ko ang iyong mga kaapu-
apuhan na kasing dami ng mga bituin sa kalangitan, at
bibigyan ko ang iyong mga kaapu-apuhan lahat ng lupaing
aking sinabi. Mamanahin nila ito magpakailanman." 14
Pagkatapos nahabag si Yahweh mula sa kaparusahan na
kaniyang sinabi na dapat pahirapan ang kaniyang bayan. 15
Pagkatapos tumalikod si Moises at bumaba sa bundok, dala-
dala ang dalawang tipak ng bato ng tipan ng kautusan sa
kaniyang kamay. Ang mga tipak ng bato ay may nakasulat
sa magkabilang gilid, sa harap at sa likuran. 16 Ang mga
tipak ng bato ay sariling gawa ng Diyos, at ang mga sulat
ay sariling sulat ng Diyos, inukit sa mga tipak ng bato. 17
Nang marinig ni Josue ang ingay ng mga tao na humihiyaw,
sinabi niya kay Moises, "May ingay ng labanan doon sa
kampo." 18 Pero sinabi ni Moises, "Hindi ito tunog ng isang
tagumpay at hindi tunog ng natatalong mga tao, pero ang
tunog ng umaawit ang aking naririnig." 19 Nang dumating si
Moises sa kampo, nakita niya ang guya at ang mga taong
nagsasayawan. Siya ay lubhang nagalit. Itinapon niya ang
mga tipak ng bato na nasa kaniyang mga kamay, at nabiyak
ang mga ito sa ibaba ng bundok. 20 Kinuha niya ang guya
na ginawa ng mga tao, sinunog ito, dinurog ito para maging
abo at ibinuhos ito sa tubig. Pagkatapos ipinainom niya
ito sa bayan ng Israel. 21 Pagkatapos sinabi ni Moises
kay Aaron, "Ano ang ginawa ng mga taong ito sa iyo, na
dinala mo ang ganyang dakilang kasalanan sa kanila?"
22 Sinabi ni Aaron, "Huwag mong hayaan ang iyong galit
ay sumiklab, aking panginoon. Alam mo ang mga taong
ito, kung paano sila gumagawa ng kasamaan. 23 Sinabi
nila sa akin, igawa mo kami ng diyos na mangunguna sa
amin. Dahil itong si Moises, ang taong nagdala palabas
sa amin sa lupain ng Ehipto. hindi namin alam kung ano
ang nangyari sa kaniya.' 24 Kaya sinabi ko sa kanila, 'Kung
sinuman ang mayroong anumang ginto, hayaang tanggalin
niya ito. Binigay nila sa akin ang ginto at itinapon ko ito
sa apoy, at ito ay naging isang guya." 25 Nakita ni Moises
ang mga tao ay tumatakbo ng marahas, dahil hinayaan ni
Aaron sila ay mawalan ng pagpipigil, para tuksuhin ang
kanilang mga kaaway. 26 Pagkatapos tumayo si Moises sa
pasukan ng kampo at sinabi, "Sinuman ang nasa panig ni
Yahweh, pumunta sa akin." Lahat ng mga Levita ay nagtipon
sa paligid niya, 27 Sinabi niya sa kanila, "Yahweh, ang Diyos
ng Israelita, sanasabi ito, 'Hayaang ang bawat lalaki ay
ikabit ang kaniyang espada sa kaniyang gilid at magbalik
at bumalik mula sa pasukan hanggang pasukan ng buong
kampo, at patayin ang kaniyang kapatid na lalaki, kaniyang
kasamahan at kaniyang kapitbahay." 28 Ginawa ng mga
Levita ang inutos ni Moises. Sa araw na iyon ay mahigit
tatlong libong lalaki mula sa bayan ang namatay, 29 Sinabi
ni Moises sa mga Levita, "Itinalaga kayo sa paglilingkod kay
Yahweh sa araw na ito, dahil bawat isa sa inyo ay kumilos
laban sa kaniyang anak na kaniyang kapatid na lalaki, kaya
bibigyan kayo ni Yahweh ng pagpapala sa araw na ito."
30 Kinabukasan sinabi ni Moises sa mga tao, "Nakagawa
kayo ng isang dakilang kasalanan. Ngayon aakyat ako kay
Yahweh. Marahil maari akong gumawa ng pambayad sa
inyong pagkakasala." 31 Bumalik si Moises kay Yahweh

at sinabing, “Naku, ang mga taong ito ay nakagawa ng
malaking kasalanan at gumawa ng kanilang mga sariling
gintong diyos-diyosan. **32** Pero ngayon, pakiusap patawarin
mo ang kanilang kasalanan; pero kung hindi ninyo gagawin,
pawiin mo ako sa aklat na iyong isinulat.” **33** Sinabi ni
Yahweh kay Moises, “Kung sinuman ang nagkasala laban sa
akin, ang taong iyon ay papawiin ko sa aking aklat. **34** Kaya
ngayon lumakad ka, pangunahan mo ang bayan papunta
sa lugar na sinabi ko sa iyo. Tingnan, ang aking anghel
ang mangunguna sa inyo. Pero sa araw na parusahan ko
sila, paparusahan ko sila dahil sa kanilang pagkakasala. **35**
Pagkatapos nagpadala si Yahweh ng salot sa bayan dahil
gumawa sila ng guya, ang isa na ginawa ni Aaron.

**33** Kinausap ni Yahweh si Moises, “Umalis ka rito, kayo
at ang bayan na dinala mo palabas mula sa lupain ng
Ehipto. Puntahan mo ang lupain na kung saan ipinangako ko
kina Abraham, Isaac, at Jacob, nang aking sinabi, 'Ibibigay
ko ito sa inyong mga kaapu-apuhan.' **2** Ipapadala ko ang
isang anghel sa inyo, at itataboy ko palabas ang mga
Cananaeo, Amoreo, Heteo, Perezeo, Hivita, at Jebuseo. **3**
Puntahan mo ang lupain na iyon, kung saan dumadaloy
ang gatas at pulot, pero hindi ako sasama sa inyo, dahil
kayo ay isang bayang matitigas ang ulo. Baka lang wasakin
kayo sa daan.” **4** Nang marinig ng mga tao ang mga
nakakagambalang salitang ito, sila ay nagluksa, at walang
ni isa man ang nagsuot ng anumang alahas. **5** Sinabi ni
Yahweh kay Moises, “Sabihin mo sa mga Israelita, 'Kayo ay
isang bayang matitigas ang ulo. Kung sasama ako sa inyo
kahit sandali lamang, wawasakin ko kayo. Kaya ngayon,
alisin ninyo ang inyong mga alahas kaya makakapagpasya
ako kung ano ang gagawin ko sa inyo.'" **6** Kaya walang
suot na alahas ang mga Israelita pasulong mula sa Bundok
Horeb. **7** Kinuha ni Moises ang isang tolda at itinayo ito sa
labas ng kampo, nang may kalayuan sa kampo. Tinawag
niya itong tolda ng pagpupulong. Ang sinumang magtanong
kay Yahweh ng anumang bagay ay lalabas ng tolda ng
pagpupulong, sa labas ng kampo. **8** Sa tuwing lalabas si
Moises sa tolda, lahat ng tao ay tumatayo sa harap ng
pasukan ng kanilang tolda at tinitingnan si Moises hanggang
siya ay makapasok sa loob. **9** Kapag pumapasok si Moises
sa tolda, ang haliging ulap ay bumababa at nananatili sa
labas ng tolda, at nagsasalita si Yahweh kay Moises. **10**
Kapag nakita ng mga tao ang haliging ulap na nananatili sa
pasukan ng tolda, sila ay tumatayo at sumasamba, bawat
lalaki sa kanilang sariling pasukan ng tolda. **11** Kinakausap
ni Yahweh si Moises ng harap-harapan, tulad ng isang
lalaking nakikipag-usap sa kaniyang kaibigan. Pagkatapos
bumabalik si Moises sa kampo, pero ang kaniyang lingkod
na si Josue anak ni Nun, isang binata, ay nananatili sa tolda.
**12** Sinabi ni Moises kay Yahweh, “Tingnan mo, sinasabi
mo sa akin, 'Dalhin mo ang mga taong ito sa kanilang
paglalakbay,' pero hindi mo pinaalam sa akin kung sino ang
ipapadala mo na kasama ko. Sinabi mo, 'Nakikilala mo ako
sa pangalan, at ikaw din ang nakatagpo ng pabor sa aking
paningin.' **13** Ngayon kung ako ay nakatagpo ng pabor sa
iyong paningin, ipakita mo sa akin ang iyong mga paraan
nang sa ganon ay makilala kita at patuloy na makatagpo
ng pabor sa iyong paningin. Tandaan mo ang bayang ito
ay iyong bayan. **14** Sumagot si Yahweh, “Ang sarili kong
presensiya ay sasama sa iyo, at bibigyan kita ng pahinga.”
**15** Sinabi ni Moises sa kaniya, “Kung ang inyong presensiya
ay hindi sasama sa amin, huwag mo kaming alisin mula rito.
**16** Dahil kung hindi, paano malalaman na ako ay nakatagpo
ng pabor sa iyong paningin, ako at ang inyong bayan?
Hindi ba nararapat lamang na sumama ka sa amin para
ako at ang iyong bayan ay maiba mula sa lahat ng ibang
bayan na nasa ibabaw ng mundo? **17** Sinabi ni Yahweh kay
Moises, “Gagawin ko din ang bagay na ito na iyong hiniling,
dahil ikaw ang nakatagpo ng pabor sa aking paningin,
at nakikilalamo ako sa pangalan.” **18** Sinabi ni Moises,
“Pakiusap ipakita mo sa akin ang inyong kaluwalhatian.” **19**
Sinabi ni Yahweh, “Gagawin ko ang lahat ng aking kabutihan
sa inyo, at ipapahayag ko ang aking pangalang 'Yahweh' sa
inyo. Magiging maawain ako sa kaninoman na magiging
maawain, at magpapakita ako ng habag sa kaninoman na
magpapakita ng habag.” **20** Pero sinabi ni Yahweh, “Hindi
mo maaring makita ang aking mukha, dahil walang sinuman
ang maaaring makakita sa akin at mabuhay.” **21** Sinabi ni
Yahweh, “Tingnan mo, dito ang isang lugar sa pamamagitan
ko; tatayo ka sa batong ito. **22** Habang dumaraan ang aking
kaluwalhatian, ilalagay kita sa siwang ng bato at tatakpan
kita gamit ang kamay ko hanggang sa makaraan ako. **23**
Pagkatapos aalisin ko ang aking kamay, at makikita mo ang
aking likuran, pero hindi mo makikita ang aking mukha.

**34** Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Pumutol ka ng dalawang
tipak ng bato katulad ng mga naunang tipak. Isusulat
ko sa mga tipak na ito ang mga salita na nasa mga naunang
tipak, ang tipak na iyong binasag. **2** Maghanda ka sa umaga
at umakyat ka sa Bundok ng Sinai, at ipakita mo roon ang
iyong sarili sa akin sa tuktok ng bundok. **3** Walang sinumang
aakyat kasama mo. Huwag mong hayaang kahit sino na
makita kahit saan sa bundok. Walang mga kawan o pangkat
ng mga hayop ang dapat manginain sa harap ng bundok”. **4**
Kaya pumutol si Moises ng dalawang tipak ng bato katulad
sa mga nauna, at maaga siyang bumangon sa umaga at
umakyat sa Bundok Sinai, ayon sa tagubilin ni Yahweh sa
kaniya. Kinarga ni Moises ang mga tipak ng bato na nasa
kaniyang kamay. **5** Bumaba si Yahweh sa ulap at tumayo

doon kasama si Moises, at binigkas niya ang pangalang
"Yahweh." 6 Dumaan si Yahweh sa kaniya at inihayag,
"Yahweh, Yahweh, ang Diyos ay maawain at mapagbigay-
loob, hindi madaling magalit, at nag-uumapaw sa katapatan
ng tipan at mapagkakatiwalaan, 7 pinananatili ang katapatan
ng tipan para sa libu-libong mga salinlahi, nagpapatawad
sa mga kasamaan, mga pagsuway at mga pagkakasala.
Pero gagawin niyang walang kasalanan ang nagkasala.
Magdadala siya ng parusa sa kasalanan ng ama sa kanilang
mga anak at anak ng kanilang mga anak, hanggang sa
pangatlo at pang-apat na salinlahi." 8 Iniyuko agad ni Moses
ang kaniyang ulo sa lupa at sumamba. 9 "Pagkatapos sinabi
niya, "Kung ako ngayon ay nakatagpo ng pabor sa inyong
paningin, Panginoon ko, pakiusap sumama kayo sa amin,
dahil ang mga taong ito ay matigas ang ulo. Ipagpaumanhin
ang aming kalapastanganan at ang aming kasalanan, at
dalhin mo kami bilang iyong pamana. 10 Sabi ni Yahweh,
"Tingnan mo, gagawa ako ng tipan. Sa harap ng lahat ng
iyong bayan, gagawa ako ng kamangha-mangha na hindi
pa nagagawa sa buong sanlibutan o kahit sa anumang
bansa. Ang lahat ng tao na kasama mo ay makakakita ng
aking mga gawa, dahil ito ay nakakatakot na bagay na
ginagawa ko kasama kayo. 11 Sundin ninyo kung ano ang
iuutos ko sa inyo ngayon. Palalayasin ko sa harap ninyo
ang mga Amoreo, Cananeo, Heteo, Perezeo, Hivita, at mga
Jebuseo. 12 Mag-ingat kayo na hindi makagawa ng tipan sa
mga naninirahan sa lupain kung saan kayo ay pupunta, o
magiging patibong sila sa inyo. 13 Sa halip, dapat ninyong
sirain ang kanilang mga altar, wasakin ang kanilang mga
banal na haliging bato at putulin ang mga poste ni Asera.
14 Hindi kayo dapat sumamba ng ibang diyos, dahil ako
lang, si Yahweh, ang may pangalang 'Mapanibugho,' ako
ang mapanibughong Diyos. 15 Mag-ingat kayo na hindi
makagawa ng tipan sa mga naninirahan sa lupain, nang
ginawa nilang bayaran ang kanilang mga sarili sa kanilang
mga diyos at maghandog sa kanilang diyos, at sinuman
ang magyaya sa inyo at kakainin niyo ang ilan sa knailang
handog. 16 Kahit kunin ninyo ang ilan sa kanilang mga
anak na babae para sa inyong mga anak na lalaki, at
ang kaniyang mga anak na babae ay gawing bayaran ang
kanilang sarili sa kanilang mga diyos, at ang inyong mga
anak na lalaki ay gagawin nilang bayaran ang kanilang
sarili para sa kanilang diyos. 17 Huwag kayong gumawa
ng mga diyus-diyosan para sa inyong sarili na gawa sa
tinunaw na metal. 18 Dapat ninyong ipagdiwang ang Pista
ng Walang Lebadurang Tinapay. Tulad ng aking iniutos
sa inyo, kailangan ninyong kainin ang tinapay na walang
lebadura sa loob ng pitong araw at sa takdang panahon sa
buwan ng Abib, dahil sa buwan ng Abib kayo ay lumabas
mula Ehipto. 19 Ang lahat ng panganay ay akin, bawat
panganay ng inyong mga toro, maging ang mga baka at
tupa. 20 Dapat ninyong bilhin muli ang panganay na asno
kasama ang kordero, pero kung hindi ninyo ito bibilhin ulit,
kailangan baliin ninyo ang leeg nito. Dapat ninyong bilhin
muli ang lahat ng panganay ninyong anak na lalaki. Walang
haharap sa akin kahit isa na walang dala. 21 Maaari kayong
magtrabaho sa loob ng anim na araw, pero sa ikapitong
araw kailangan ninyong magpahinga. Kahit na sa panahon
ng pagbubungkal ng lupa at pag-aani, kailangan ninyong
magpahinga. 22 Dapat ninyong ipagdiwang ang Pista ng
mga linggo kasama ang unang pag-aani ng trigo, at dapat
ninyong ipagdiwang ang Pista ng Pagtitipon sa huling araw
ng taon. 23 Dapat haharap sa akin ang lahat ng inyong
lalaki, si Yahweh na Diyos ng Israel, tatlong beses sa bawat
taon. 24 Dahil palalayasin ko ang mga bansa sa harap ninyo
at palalawakin ang inyong hangganan. Walang sinumang
maghahangad na sakupin ang inyong lupain at kukuha nito
kapag kayo ay haharap sa akin, Yahweh, ang inyong Diyos,
tatlong beses sa bawat taon. 25 Hindi ninyo dapat ialay ang
dugo ng aking handog nang may anumang lebadura, ni
anumang karne mula sa handog sa Pista ng Paskua ang
matira sa umaga. 26 Dapat ninyong dalhin sa aking bahay
ang pinakamagandang unang aning prutas mula sa inyong
mga bukid. Hindi ninyo dapat ilaga ang batang kambing sa
gatas ng ina nito." 27 Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Isulat
mo itong mga salita dahil ipinapangako ko ang aking sarili ng
mga salitang ito na aking sinabi, at gumawa ng tipan sa inyo
at sa Israel." 28 Naroon si Moises kasama si Yahweh ng
apatnapung araw at gabi; hindi siya kumain ng kahit anong
pagkain o uminom ng tubig. Isinulat niya sa mga tipak ang
mga salita ng tipan, ang Sampung Utos. 29 Nang makababa
si Moises galing sa Bundok ng Sinai dala ang dalawang
tipak ng mga utos ng tipan sa kaniyang kamay, hindi niya
alam na ang balat ng kaniyang mukha ay lumiwanag habang
nakikipag-usap siya sa Diyos. 30 Nang makita ni Aaron at ng
mga Israelita si Moises, ang balat ng kaniyang mukha ay
lumiliwanag, at natakot silang lumapit sa kaniya. 31 Pero
tinawag sila ni Moises, at si Aaron at ang lahat ng pinuno
sa komunidad ay lumapit sa kaniya. Pagkatapos nakipag-
usap si Moises sa kanila. 32 Pagkatapos nito, ang lahat ng
mga tao sa Israel ay lumapit kay Moises, at sinabi niya sa
kanila ang lahat ng utos na ibinigay ni Yahweh sa kaniya sa
Bundok ng Sinai. 33 Nang natapos makipag-usap ni Moises
sa kanila, naglagay siya ng takip sa kaniyang mukha. 34
Sa tuwing pupunta si Moises kay Yahweh para kausapin
siya, inaalis niya ang takip. Pagkatapos ibabalik niya ang
takip sa tuwing siya ay aalis. Lalabas siya sa kaniyang tolda
at sasabihin sa mga Israelita kung ano ang mga naging

tagubilin sa kaniya. **35** Nakita ng mga Israelita ang mukha ni
Moises na nagliliwanag. Pagkatapos ilalagay niya muli ang
takip sa kaniyang mukha hanggang sa bumalik siya sa loob
para makipag-usap kay Yahweh.

**35** Tinipon ni Moises ang lahat ng mga mamamayang
Israelita at sinabi sa kanila, "Ito ang mga bagay na
iniutos ni Yahweh na gagawin ninyo. **2** Sa ikaanim na araw
ang lahat ng gawain ay maaaring nagawa na, ngunit sa
inyo, ang ikapitong araw ay dapat na banal na araw, ang
Araw ng Pamamahinga ng ganap na pamamahinga, na
banal kay Yahweh. Ang sinumang gagawa ng anumang
gawain sa araw na iyon ay papatayin. **3** Hindi kayo dapat
magsisindi ng apoy saan man sa inyong mga tahanan sa
Araw ng Pamamahinga." **4** Nangusap si Moises sa lahat ng
mga mamamayang Israelita, sinabing, "Ito ang bagay na
iniutos ni Yahweh. **5** Magdala ng handog para kay Yahweh,
lahat kayo na may bukas na puso. Magdala ng handog kay
Yahweh—ginto, pilak, tanso, **6** asul, lila, at pulang tela at
pinong lino; balahibo ng kambing; **7** balat ng lalaking tupa
na kinulayan ng pula, balat ng dugong; kahoy na akasya;
**8** langis para sa ilawan ng santuwaryo, panghalo para sa
langis na pampahid at ang mabangong insenso, **9** batong
onise at iba pang mahalagang bato na ilalagay sa efod
at baluting pangdibdib. **10** Bawat bihasang lalaki sa inyo
ay pumunta at gawin ang lahat na iniutos ni Yahweh— **11**
ang tabernakulo kasama ng tolda nito, ang pantakip nito,
mga kawit nito, mga tabla, mga tukod, mga haligi at mga
tuntungan; **12** gayundin ang kaban kasama ng mga haligi
nito, ang takip ng luklukan ng awa, at ang kurtina para
matakpan ito. **13** Dinala nila ang mesa kasama ng mga
haligi nito, lahat ng mga kagamitan nito at ang tinapay ng
presensya; **14** ang ilawan para sa mga ilaw, mga palamuti
nito, mga ilaw nito, at ang langis para sa mga ilaw; **15** ang
altar ng insenso at ang mga haligi nito, ang pampahid na
langis at ang mabangong insenso; ang pambitin para sa
pasukan ng tabernakulo; **16** ang altar para sa sinunog na
handog na may rehas na bakal na tanso at ang haligi nito at
mga kagamitan, at ang malaking palanggana kasama ng
tuntungan nito. **17** Dinala nila ang mga pambitin para sa
patyo kasama ng kaniyang mga haligi at mga tuntungan,
at ang kurtina para sa pasukan ng patyo; **18** at ang mga
tulos ng tolda para sa tabernakulo at patyo kasama ang
mga lubid nito. **19** Dinala nila ang mga mainam na hinabing
kasuotan para sa paglilingkod sa banal na lugar, ang banal
na kasuotan para kay Aaron na pari at kaniyang mga anak
na lalaki para sila ay maglingkod bilang pari." **20** Pagkatapos
ang lahat ng mga lipi ng Israel ay umalis mula sa harapan
ni Moises. **21** Bawat isa na ang puso ay napukaw at ang
kaniyang espiritu ay naging handang pumunta at nagdala ng
handog kay Yahweh para sa paggawa ng tabernakulo, lahat
ng bagay na gagamitin sa paglilingkod nito, at para sa banal
na kasuotan. **22** Pumunta sila kasama ang mga lalaki at
mga babae, lahat na may pusong handa. Nagdala sila ng
mga panusok, mga hikaw, mga singsing, at mga palamuti,
lahat ng uri ng gintong alahas. Iniharap nilang lahat ang mga
alay na ginto kay Yahweh. **23** Bawat isa na may asul, lila, o
pulang tela, pinong lino, balahibo ng kambing, mga balat ng
lalaking tupa na kinulayan ng pula o mga balat ng dugong ay
dinala nila. **24** Gumagawa ang bawat isa ng handog na pilak
o tanso at dinala ito bilang handog kay Yahweh, at bawat isa
na may kahoy na akasya para magamit sa anumang gawain
ay dinala ito. **25** Ang bawat bihasang babae ay naghabi
gamit ang kaniyang mga kamay at dinala ang kaniyang
hinabi—asul, lila, o pulang sinulid, o pinong lino. **26** Lahat
ng babae na ang mga puso ay pumukaw sa kanila at may
kahusayan ay naghabi ng buhok ng kambing. **27** Ang mga
pinuno ay nagdala ng batong oniks at iba pang mahalagang
bato para ilagay sa epod at sa baluti; **28** Nagdala sila ng
panghalo at langis para sa ilawan, para sa pangpahid na
langis, at para sa mabangong insenso. **29** Ang mga Israelita
ay kusang-loob na nagdala ng handog kay Yahweh; ang
bawat lalaki at babae na may pusong handa ay nagdala
ng mga kagamitan para sa lahat ng gawain na iniutos ni
Yahweh sa pamamagitan ni Moises na gagawin. **30** Sinabi ni
Moises sa mga Israelita, "Tingnan ninyo, tinawag ni Yahweh
sa pangalan si Bezalel na anak ni Uri, anak na lalaki ni Hur,
mula sa lipi ni Juda. **31** Pinuspos niya si Bezalel ng kaniyang
Espiritu, para bigyan siya ng karunungan, pang-unawa at
kaalaman sa lahat ng gawaing pansining, **32** para gumawa
ng masining na disenyo na gawa sa ginto, pilak at tanso; **33**
gayundin ang pagputol at paglagay ng mga bato at pag-
ukit sa kahoy—sa paggawa ng lahat ng uri ng disenyo at
gawaing pansining. **34** Inilagay niya sa kaniyang puso para
magturo, siya at si Oholiab na anak ni Ahisamac, mula sa lipi
ni Dan. **35** Sila ay pinuspos niya ng kakayahan para gumawa
ng lahat ng uri ng gawain, para maging taga-gawa ng sining,
mga mag-uukit, tagaburda ng asul, lila at pinong lino, at
bilang manghahabi. Sila ay manggagawa ng sining sa lahat
ng uri ng gawain at sila ay masining na mga taga-disenyo.

**36** Kaya si Bezalel at Oholiab ay magtatrabaho, gayundin
ang bawat pusong may karunungan na ipinagkaloob
ni Yahweh ng kakayahan at pang-unawa na malaman kung
paano gumawa ng banal na lugar, na sumusunod sa mga
tagubilin na ibinigay sa inyo na gagawin." **2** Tinawag ni
Moises sina Bezalel, Oholiab, at ang lahat ng taong bihasa
na sa kaniyang pag-iisip ay pinagkalooban ni Yahweh ng
kahusayan, at ang kanilang puso na napukaw ang kalooban
na lumapit at gumawa ng gawain. **3** Tinanggap nila mula

kay Moises ang lahat ng handog na dinala ng mga Israelita
sa paggawa ng banal na lugar. Patuloy ang mga tao sa
pagdadala ng mga handog na kusang-loob sa bawat umaga.
4 Kaya ang lahat ng mga taong bihasa na gumagawa sa
banal na lugar ay lumapit kay Moises mula sa paggawa
ng kanilang mga gawain. 5 Sinabi ni Moises, "Ang mga
tao ay nagdadala ng labis sa paggawa ng gawain ayon sa
iniutos ni Yahweh na ating gagawin." 6 Kaya ang tagubilin ni
Moises na wala ni isa sa kampo ang magdala ng anumang
mga handog para sa paggawa ng banal na lugar. Kaya
ang mga tao ay huminto na sa pagdadala ng mga handog.
7 Mayroon na silang labis-labis na mga kagamitan para
sa lahat ng gawain. 8 Kaya ang lahat ng manggagawa
sa gitna nila ay itinayo ng tabernakulo na may sampung
kurtina na gawa sa pinong lino at asul, lila, at matingkad na
pulang lana na may disenyong kerubin. Ito ang ginawa ni
Bezalel, ang napakahusay na manggagawa. 9 Ang haba
ng bawat kurtina ay dalawampu't walong kubit, ang lapad
ay apat na kubit. Lahat ng mga kurtina ay magkakatulad
ang sukat. 10 Pinagsama ni Bezalel ang limang kurtina sa
bawat isa, at ang lima pa ay pinagsama din sa bawat isa.
11 Gumawa siya ng mga silong asul sa sidsid ng bawat
piraso ng kurtina, at ganon din sa sidsid ng ikalawang
piraso ng kurtina. 12 Gumawa siya ng limampung silo sa
naunang kurtina at limampung silo sa sidsid ng ikalawang
kurtina. Kaya ang dalawang kurtina ay magkasalungat sa
bawat isa. 13 Gumawa siya ng limampung gintong kawit at
pinagsama ang mga kurtina kaya ang tabernakulo ay nabuo.
14 Gumawa si Bezalel ng kurtina na gawa sa buhok ng
kambing para sa tolda sa ibabaw ng tabernakulo; gumawa
siya ng labing isang kurtinang kagaya nito. 15 Ang haba ng
bawat kurtina ay tatlumpung kubit, at ang lapad ng bawat
kurtina ay apat na kubit. Bawat isa sa labing-isang kurtina ay
magkapareho ang sukat. 16 Pinagsama niya ang limang
kurtina sa bawat isa at gayundin ang iba pang anim na
kurtina sa bawat isa. 17 Gumawa siya ng limampung silo sa
sidsid ng dulong kurtina sa naunang piraso, at limampung
silo sa bandang sidsid ng dulong kurtina na pinagsama ng
ikalawang piraso. 18 Gumawa si Bezalel ng limampung
tansong kawit para pagsamahin ang mga tolda para ito ay
maging isa. 19 Gumawa siya ng pantakip sa tabernakulo na
gawa sa balat ng lalaking tupa na kinulayan ng pula, isa
pang pantakip na mainam na balat para sa ibabaw niyon. 20
Gumawa si Bezalel ng patayong tabla na gawa sa kahoy
na akasya para sa tabernakulo. 21 Ang haba ng bawat
tabla ay sampung kubit, at ang lapad ng mga ito ay isa't
kalahating kubit. 22 May dalawang usli sa bawat tabla para
pagsamahin ang bawat isa. Ginawa niya ang lahat ng tabla
ng tabernakulo sa pamamagitan nito. 23 Sa paraang ito
ginawa niya ang mga tabla para sa tabernakulo. Ginawa
niya ang dalawampung tabla para sa timog na bahagi. 24
Gumawa si Bezalel ng apatnapung pilak na tuntungan na
suotan ng dalawampung tabla. May dalawang patungan sa
ilalim ng naunang tabla na maging dalawang tuntungan,
at gayundin ang dalawang tuntungan sa ilalim ng bawat
iba pang tabla para sa kanilang dalawang tuntungan. 25
Para sa ikalawang gilid ng tabernakulo, sa silangang bahagi,
gumawa siya ng dalawampung tabla. 26 At ang kanilang
apatnapung pilak na tuntungan. May dalawang tuntungan sa
ilalim ng naunang tabla, dalawang tuntungan sa ilalim ng
kasunod na tabla, at sa sumunod pa. 27 Para sa bandang
likuran ng tabernakulo sa gawing kanluran, gumawa si
Bezalel ng anim na tabla. 28 Gumawa siya ng dalawang
tabla para sa likurang sulok ng tabernakulo. 29 Ang mga
tabla ay nahiwalay sa ilalim, pero pinagsama sa itaas sa
iisang argolya. Ganito ginawa ang para sa dalawang sulok
na nasa likuran. Mayroong walong tabla, kasama ng kanilang
pilak na tuntungan. 30 Mayroong bilang na labing anim na
tuntungan lahat, dalawang tuntungan sa ilalim ng naunang
tabla, dalawang tuntungan sa ilalim ng kasunod na tabla, at
sa kasunod pa. 31 Gumawa si Bezalel ng pahalang na haligi
na gawa sa kahoy ng akasya—lima para sa mga tabla sa
isang gilid ng tabernakulo, 32 limang pahalang na haligi para
sa mga tabla sa kabilang gilid ng tabernakulo, at limang
mga pahalang na haligi para sa mga tabla ng likurang gilid
ng tabernakulo patungong kanluran. 33 Ginawa niya ang
pahalang na haligi sa gitna ng mga tabla, iyon ay, kalahati
pataas, para umabot sa dulo hanggang dulo. 34 Tinakpan
niya ang mga tabla ng ginto. Ginawa niya ang kanilang mga
gintong argolya, para ang mga ito ay magsilbing panghawak
ng mga tubo, at kaniyang binalot ng ginto ang mga rehas.
35 Gumawa si Bezalel ng kurtinang asul, lila, at pulang lana,
at pinong lino na may mga disenyo ng kerubim, ang gawa
ng mahusay na manggagawa. 36 Gumawa siya ng apat
na haligi ng kahoy na akasya para sa kurtina, at tinakpan
niya ang mga ito ng ginto. Gumawa rin siya ng mga gintong
kawit para sa mga haligi, at kaniyang ipinagbubo ng apat
na tuntungang pilak. 37 Gumawa siya ng pabitin para sa
pasukan ng tolda. Gawa ito sa asul, lila, at pulang lana, na
ginagamitan ng pinong lino, na gawa ng isang magbuburda.
38 Gumawa din siya ng limang mga haligi na may mga kawit
na may pabitin. Tinakpan niya ang ibabaw at ang mga dulo
nito ng ginto. Ang limang tuntungan ng mga ito ay gawa sa
tanso.

**37** Gumawa si Bezalel ng kaban sa kahoy ng akasya. Ang
haba nito ay dalawa at kalahating kubit; ang lapad nito
ay isa at kalahating kubit at ang taas nito ay isa at kalahating
kubit. 2 Binalutan niya ang loob at labas nito ng purong ginto

at ginawan niya ito ng gintong hangganan na nakapalibot sa
ibabaw nito. **3** Siya ay naghulma ng apat na mga singsing
na ginto para sa apat na paa nito, na mayroong dalawang
singsing sa isang gilid nito, at dalawang singsing sa kabilang
gilid. **4** Gumawa siya ng mga poste sa kahoy ng akasya at
binalutan ang mga ito ng ginto. **5** Nilagay niya ang mga
poste sa mga singsing na nasa mga gilid ng kaban, para
mabuhat ang kaban. **6** Gumawa siya ng takip ng luklukan ng
awa na purong ginto. Ang haba nito ay dalawa at kalahating
kubit at ang lapad ay isa at kalahating kubit. **7** Gumawa si
Bezalel ng dalawang kerubim na minartilyong ginto para sa
dalawang dulo ng takip ng luklukan ng awa. **8** Isang kerubim
ay para sa isang dulo ng takip ng luklukan ng awa, at ibang
kerubin ay para sa ibang dulo. Ginawa sila bilang isang
piraso kasama ng takip ng luklukan ng awa. **9** Binuka ng
kerubim ang kanilang mga pakpak pataas at nagbibigay lilim
sa takip ng luklukan ng awa kasama nila. Nakaharap ang
kerubim sa bawat isa at nakatingin patungo sa gitna ng takip
ng luklukan ng awa. **10** Gumawa si Bezalel ng mesa sa
kahoy ng akasya. Ang haba nito ay dalawang kubit, ang
lapad nito ay isang kubit at ang taas nito ay isa at kalahating
kubit. **11** Binalutan niya ito ng purong ginto at nilagyan ng
isang hangganan na purong ginto sa paligid ng ibabaw. **12**
Gumawa siya ng nakapaligid na balangkas nito na isang
dapal ang lapad na mayroong kalapit na gintong hangganan
para sa balangkas. **13** Nagmolde siya ng apat na singsing
na ginto at ikinabit ang mga singsing sa apat na sulok, kung
saan naroon ang apat na mga paa. **14** Ang mga singsing
ay nakakabit sa balangkas para magbigay ng lugar para
sa mga poste, para mabuhat ang mesa. **15** Ginawa niya
ang mga poste mula sa kahoy ng akasya at binalutan ang
mga ito ng ginto, para mabuhat ang mesa. **16** Gumawa siya
ng mga bagay na dapat nasa mesa—ang mga pinggan,
mga kutsara, ang mga mangkok at mga pitsel na gagamitin
para ibuhos ang mga handog. Ginawa niya ang mga ito
ng purong ginto. **17** Gumawa siya ng ilawan na purong
minartilyong ginto. Gumawa siya ng ilawan kasama ng
tuntungan at baras nito. Ang mga baso nito, ang madahong
tuntungan nito at mga bulaklak nito ay ginawa lahat sa isang
piraso na kasama nito. **18** Anim na mga sanga ang pinahaba
mula sa gilid nito—tatlong mga sanga ang pinahaba sa
isang gilid at tatlong sanga ng ilawan ang pinahaba mula sa
kabilang gilid. **19** Ang unang sanga ay may tatlong baso na
ginawa gaya ng bulaklak ng almendra, mayroong madahong
tuntungan at bulaklak, at tatlong baso na ginawa katulad ng
bulaklak ng almendra sa kabilang sanga na may madahong
tuntungan at isang bulaklak. Ito ay katulad sa lahat ng
anim na mga sangang pinahaba mula sa ilawan. **20** Sa
mismong ilawan, ang gitnang baras, mayroong apat na baso
ginawa katulad ng mga bulaklak ng almendra kasama ng
kanilang mga madahong tuntungan at ang mga bulaklak. **21**
Mayroong madahong tuntungan sa ilalim ng unang pares ng
mga sanga—ginawang isang piraso ito, at isang madahong
tuntungan sa pangalawang pares ng mga sanga—ginawa
ring isang piraso ito. Sa parehong paraan ay mayroong
madahong tuntungan sa ilalim ng pangatlong pares ng mga
sanga, ginawang isang piraso ito. Magkatulad ito sa lahat ng
anim na mga sangang pinahaba mula sa ilawan. **22** Ang
kanilang mga madahong tuntungan at mga sanga lahat ay
isang piraso ito, isang bahaging pinalong trabaho ng purong
ginto. **23** Gumawa si Bezalel ng ilawan at pitong mga ilawan
nito, mga panipit nito at kanilang mga bandeha ng purong
ginto. **24** Ginawa niya ang ilawan at mga kagamitan sa isang
talento ng purong ginto. **25** Gumawa si Bezalel ng altar ng
insenso. Ginawa niya ito mula sa kahoy ng akasya. Ang
haba nito ay isang kubit, at ang lapad ay isang kubit. Iyon
ay parisukat at ang taas nito ay dalawang kubit. Ang mga
sungay nito ay ginawa bilang isang piraso na kasama nito.
**26** Binalutan niya ang altar ng insenso ng purong ginto—ang
ibabaw, mga gilid nito, at mga sungay nito. Gumawa rin siya
ng nakapalibot na gintong hangganan para dito. **27** Gumawa
siya ng dalawang gintong mga singsing para isama ito sa
ilalim ng hangganan sa dalawang magkabilang mga gilid
nito. Ang mga singsing ay tagahawak sa mga poste para
mabuhat ang altar. **28** Gumawa siya ng mga poste sa kahoy
ng akasya at binalutan niya sila ng ginto. **29** Ginawa niya
ang banal na pangpahid na langis at ang purong pabango
ng insenso, ang trabaho ng tagapagpabango.

**38** Gumawa si Bezalel ng altar para sa mga handog na
susunugin sa kahoy ng akasya. Iyon ay limang kubit
ang haba at limang kubit ang lapad—isang parisukat—at
tatlong kubit ang taas. **2** Ginawan niya ng mga karugtong sa
apat nitong kanto na kahugis ng mga sungay ng kapong
baka. Ang mga sungay ay ginawa sa isang piraso na kasama
ang altar at binalutan niya ito ng tanso. **3** Ginawa niya ang
lahat na kagamitan para sa altar—palayok para sa mga abo,
mga pala, mga palanggana, mga tinidor ng karne, at mga
lalagyan ng apoy. Ginawa niya ang lahat ng kagamitang ito
sa tanso. **4** Gumawa siya ng rehas na bakal para sa altar,
isang naayos na nagkakabit-kabit na tanso na ilalagay sa
ilalim ng baytang, kalagitnaan pababa sa ilalim. **5** Nagmolde
siya ng apat na singsing para sa apat ng mga kanto ng
tanso na rehas na bakal, bilang tagahawak sa mga poste. **6**
Gumawa si Bezalel ng mga poste sa kahoy ng akasya at
binalutan ang mga ito ng tanso. **7** Nilagay niya ang mga
poste sa mga singsing sa mga gilid ng altar, para buhatin
ito. Ginawa niya ang altar na banal, mula sa makapal na
mga tabla. **8** Gumawa si Bezalel ng malaking palangganang

tanso kasama ng tansong patungan. Ginawa niya ang
palanggana mula sa mga salamin na pag-aari ng mga
babaeng naglingkod sa pasukan sa tolda ng pagpupulong. 9
Ginawa rin niya ang patyo. Ang mga nakabitin sa timog na
bahagi ng patyo ay pinong lino, isandaang kubit ang haba.
10 Ang mga nakabitin ay mayroong dalawampung mga poste,
kasama ng dalawampung mga tuntungang tanso. Mayroong
mga kawit na nakadikit sa mga poste, at gayundin ang mga
pilak na baras. 11 Gayundin naman sa bandang hilagang
bahagi, mayroong mga nakabiting isandaang kubit ang haba
kasama ng dalawampung mga poste, dalawampung mga
tungtungang tanso, dinikit ang mga kawit sa mga poste, at
mga pilak na baras. 12 Ang mga nakabitin sa kanlurang
bahagi ay limampung kubit ang haba, kasama ng sampung
mga poste at mga tuntungan. Ang mga kawit at mga baras
ng poste ay pilak. 13 Ang patyo rin ay limampung kubit
ang haba sa silangan bahagi. 14 Ang mga nakabitin sa
isang bahagi ng pasukan ay labinlimang kubit ang haba.
Mayroon silang tatlong mga poste kasama ng tatlong mga
tuntungan. 15 Sa kabilang bahagi ng pasukan ng hukuman
ay may nakabitin ding labinlimang kubit ang haba, kasama
ng tatlong mga poste at tatlong mga tuntungan. 16 Lahat ng
mga nakabitin sa palibot ng patyo ay gawa sa pinong lino.
17 Ang mga tuntungan para sa mga poste ay gawa sa tanso.
Ang mga kawit at mga baras para sa mga poste ay gawa
sa pilak, at ang tabing para sa mga ibabaw ng mga poste
ay gawa rin sa pilak. Ang lahat ng mga poste ng patyo ay
binalutan ng pilak. 18 Ang kurtina ng tarangkahan ng patyo
ay dalawampung kubit ang haba. Ang kurtina ay gawa sa
asul, lila, at matingkad na pulang lino, pinong pinulupot na
lino, at dalawampung kubit ang haba. Iyon ay dalawampung
kubit ang haba at limang kubit ang taas, katulad ng mga
kurtina ng patyo. 19 Ito ay mayroong apat na tansong mga
tuntungan at mga kawit na pilak. Ang tabing ng kanilang
ibabaw at ang mga baras nito ay gawa sa pilak. 20 Ang
lahat ng mga tulos ng tolda para sa tabernakulo at patyo ay
gawa sa tanso. 21 Ito ang talaan ng pag-aari ng tabernakulo,
ang tabernakulo ng kautusang kasunduan, gaya ng ito ay
kinuha sa pagsunod sa mga tagubilin ni Moises. Iyon ay ang
trabaho ng mga Levita sa ilalim ng pamamahala ni Itamar na
anak na lalaki ni Aaron na pari. 22 Si Bezalel na anak na
lalaki ni Uri, na anak na lalaki ni Hur, mula sa lipi ng Juda,
ang gumawa ng lahat na iniutos ni Yahweh kay Moises. 23
Si Oholiab na anak na lalaki ni Ahisamach, mula sa lipi ni
Dan, nagtrabaho kasama ni Bezalel bilang tagapag-ukit,
bilang isang bihasang manggagawa at bilang mangbuburda
ng asul, lila, matingkad na pulang lana, at pinong lino. 24
Ang lahat ng ginto na ginamit para sa proyekto, sa lahat
ng trabaho na karugtong sa banal na lugar—ang ginto
na mula sa handog na tinanghal—ay dalawampu't siyam
na talento at 730 sekel, sinukat ng pamantayan ng sekel
ng santuwaryo. 25 Ang pilak na binigay ng kumunidad ay
nagtitimbang ng isandaang talento at 1, 775 sekel, ayon
sa sekel ng santuwaryo, 26 o isang beka bawat lalaki, na
kalahati ng sekel, sinukat ng sekel ng santuwaryo. Ang
bilang na ito ay umabot sa batayan na ang bawat tao na
nabilang sa sensus, ang mga dalawampung taong gulang
at nakatatanda—603, 550 kalalakihan lahat. 27 Isandaang
talento ng pilak ay minolde para sa tuntungan ng banal na
lugar at ang tuntungan ng mga kurtina: isandaan tuntungan,
isang talento sa bawat tuntungan. 28 Sa natitirang 1,
775 sekel ng pilak, ginawa ni Bezalel ang mga kawit at
ginawa ang mga baras para sa kanila. 29 Ang mga tanso
na galing sa handog ay nagtitimbang ng pitumpong mga
talento at 2, 400 mga sekel. 30 Gamit nito ginawa niya
ang mga tuntungan para sa pasukan papunta sa tolda ng
pagpupulong, ang tansong altar, tansong rehas na bakal
nito, lahat ng kagamitan para sa altar, 31 ang mga tuntungan
para sa patyo, ang mga tuntungan sa pasukan ng patyo,
lahat ng mga tulos ng tolda para sa tabernakulo, at lahat ng
mga tulos ng tolda para sa patyo.

**39** Gamit ang asul, lila at pulang tela, sila ay nakagawa
ng mga pinong hinabing kasuotan para sa paglilingkod
sa banal na lugar. Ginawa nila ang mga kasuotan ni Aaron
para sa banal na lugar, ayon sa iniutos ni Yahweh kay
Moises. 2 Ginawa ni Bezalel ang efod na ginto, na asul,
lila, at matingkad na pulang lana, at ng pinong pinulupot
na lino. 3 Nagpanday sila ng mga pinanipis na ginto at
ginupit nila ang mga alambre, para magawa ito sa asul, lila
at matingkad na pulang lana, at para sa pinong lino, ang
trabaho ng isang mahusay na manggagawa. 4 Gumawa sila
ng mga pang-balikat na piraso para sa efod, na nakakabit
sa dalawang itaas na kanto nito. 5 Ang pinong nahabing
sinturon nito ay katulad ng efod; gawa ito sa isang piraso
kasama ang efod, na gawa sa pinong pinulupot na linong
ginto, asul, lila, at pula, katulad ng inutos ni Yahweh kay
Moises. 6 Inukit nila ang mga batong oniks, na kalakip sa
lagayan ng ginto, iniayos kasama ang inukitan na parang
nasa isang pantatak, at inukitan ng mga pangalan ng labing-
dalawang anak na lalaki ni Israel. 7 Inilagay ito ni Bezalel sa
balikat na piraso ng efod, bilang mga bato para alalahanin
ni Yahweh ang labing-dalawang anak na lalaki ni Israel,
ayon sa inutos ni Yahweh kay Moises. 8 Ginawa niya ang
baluti, gawain ng bihasang manggagawa, inihugis katulad
ng efod. Ginawa ito sa pamamagitan ng ginto, asul, lila at
pulang tela, at ng pinong lino. 9 Ito ay parisukat. Itiniklop
nila ang baluti ng dalawang ulit. Ito ay isang dipang haba at
isang dipang lapad. 10 Iniayos nila ito sa apat na hanay ng

mahahalagang mga bato. Ang unang hanay ay may isang
rubi, isang topaz, at isang garnet. 11 Ang ikalawang hanay
ay may isang esmeralda, isang safira, at isang dyamante. 12
Ang ikatlong hanay ay may jacinto, isang agate, at isang
ametista. 13 Ang ikaapat na hanay ay may beryl, isang
oniks, at isang jasper. Ang mga bato ay ikinabit sa may
gintong lalagyan. 14 Ang mga bato ay nakaayos ayon sa
mga pangalan ng labindalawang anak na lalaki ni Israel,
ang bawat isa ay inayos ayon sa pangalan. Ang mga ito
ay mistulang mga inukit na nakalagay sa pangselyong
singsing, bawat pangalan ay kumakatawan para sa isa sa
labindalawang lipi. 15 Sa baluti gumawa sila ng mga kadena
na katulad ng tali, tinirintas ng purong ginto. 16 Gumawa
sila ng dalawang lalagyan ng ginto at dalawang singsing na
ginto, at nagkabit sila ng dalawang singsing sa dalawang
sulok ng baluti. 17 Inilagay nila ang dalawang tinirintas na
kadenang ginto sa dalawang singsing sa bawat gilid ng
baluti. 18 Ikinabit nila ang ibang dalawang dulo ng tinirintas
na mga kadena sa dalawang lalagyan. Ikinabit nila ito sa
pang-balikat na piraso ng efod sa may harapan nito. 19
Gumawa sila ng dalawang mga singsing na ginto at inilagay
nila ang mga ito sa dalawang sulok ng baluti, sa may gilid
katabi ng panloob na hangganan. 20 Gumawa sila ng dalawa
pang singsing na ginto at ikinabit ang mga ito sa ibaba ng
dalawang pang-balikat na piraso ng harap ng efod, malapit
sa tahi nito sa itaas ng pinong nahabing sinturon ng efod. 21
Itinali nila ang baluti gamit ang singsing nito sa singsing
ng efod na may asul na tali, kaya ito ay maidugtong sa
bandang taas ng mainam na tinahing sinturon ng efod. Ito
rin ang baluti na hindi matanggal sa pagkakadugtong mula
sa efod. Ginawa ito ayon sa inutos ni Yahweh kay Moises.
22 Si Bezalel ay gumawa ng balabal ng efod na tunay na
gawa sa telang lila, ginawa ng isang manghahabi. 23 Sa
gitna ay mayroon itong bukasan para sa ulo. Ang bukasan
ay may hinabing gilid na paikot para hindi ito mapunit. 24
Sa may ilalim na tupi, gumawa sila ng pomegranteng asul,
lila at pulang tali at pinong lino. 25 Gumawa sila ng mga
kampananilya sa purong ginto, at inilagay nila ang mga
kampanilya sa pagitan ng mga prutas na granada sa paligid
ng ilalim na dulo ng gilid ng balabal, sa pagitan ng mga
prutas na granada— 26 isang kampanilya at isang prutas na
granada, isang kampanilya at isang prutas na granada—sa
gilid ng balabal para kay Aaron na paglilingkuran niya. Ito
ay ayon sa inutos ni Yahweh kay Moises. 27 Ginawa nila
ang mahabang panlabas na kasuotan para kay Aaron at sa
kaniyang mga anak na lalaki. 28 Gumawa sila ng turbante
na yari sa pinong lino, mga ginayak na pamigkis sa ulo
na gawa sa pinong lino, ang linong damit pang-ilalim na
pinong lino, 29 at ang sintas naman sa baywang na yari sa
pinong lino at ng asul, lila, at matingkad na pulang tali, gawa
ng isang tagaburda. Ito ay ayon sa inutos ni Yahweh kay
Moises. 30 Ginawa nila ang plaka ng banal na korona na
purong ginto; inukit nila ito, katulad ng pag-ukit sa isang
selyo, INILAAN KAY YAHWEH. 31 Ikinabit nila sa turbante
ang isang asul na tali sa taas ng turbante. Ito ay ayon
sa inutos ni Yahweh kay Moises. 32 Kaya ang gawain sa
tabernakulo, ang tolda ng pagpupulong, ay natapos. Ginawa
ng bayan ng Israel ang lahat ng bagay. Sumunod sila sa
lahat ng tagubilin na ibinigay ni Yahweh kay Moises. 33
Dinala nila ang tabernakulo kay Moises- ang tolda at lahat
ng mga kagamitan nito, mga kawit, mga tabla, mga tubo,
mga poste, at mga tuntungan; 34 ang pantakip na mga balat
ng kambing na pinapula, pantakip na balat ng dugong, at
ang kurtina na tatabingan 35 ang mga kaban ng kautusang
tipan, ganoon din ang mga baras at ng takip na lulukan ng
awa. 36 Dinala nila ang mesa, lahat ng mga kagamitan nito,
at tinapay ng presensya; 37 ang ilawang purong ginto at
mga ilawan na nakahanay, kasama ng mga kagamitan nito
at ang langis para sa mga ilawan; 38 ang gintong altar,
ang pangpahid na langis at ang mabangong insenso; ang
nakabitin para sa pasukan ng tabernakulo; 39 ang tansong
altar kasama ng tansong parilya at mga baras at kagamitan
at ang malaking palanggana kasama ng patungan nito. 40
Dinala nila ang mga pangsabit para sa patyo kasama ng
mga poste at patungan, at ng kurtina para sa pasukan ng
bulwagan; ang mga tali nito at mga pako ng tolda; at lahat
ng mga kagamitan para sa paglilingkod sa tabernakulo,
ang tolda ng pagpupulong. 41 Dinala nila ang mga pinong
natahing kasuotan para sa paglilingkod sa banal na lugar,
ang banal na kasuotan para kay Aaron na pari at kaniyang
mga anak na lalaki, para sila ay maglingkod bilang mga pari.
42 Kaya nagawa ng bayan ng Israel ang lahat ng gawain
ayon sa inutos ni Yahweh kay Moises. 43 Pinagmasdan
lahat ni Moises ang mga nagawa, at, masdan ito, nagawa
nila ito. Ayon sa inutos ni Yahweh, sa pamamaraang iyon
nagawa nila ito. Pagkatapos sila ay pinagpala ni Moises.

**40** At nagsalita si Yahweh kay Moises at sinabi, 2 "Sa
unang araw ng unang buwan ng bagong taon dapat
mong itayo ang tabernakulo, ang tolda ng pagpupulong.
3 Dapat mong ilagay doon ang kaban ng mga tipan ng
kautusan, at dapat mong tabingan ang kaban gamit ang
kurtina. 4 Dapat mong dalhin ang mesa at ilagay ng maayos
ang mga bagay na nakapaloob doon. Pagkatapos dapat
mong ipasok ang ilawan at isaayos ang mga lampara. 5
Dapat mong ilagay ang gintong insenso sa altar s harap
ng kaban ng tipan ng kautusan, at dapat mong ilagay ang
kurtina sa pasukan ng tabernakulo. 6 Dapat mong ilagay ang
altar para sa mga sinunog na alay sa harapan ng pasukan

ng tabernakulo, ang tolda ng pagpupulong. 7 Dapat mong
ilagay ang malaking palanggana sa pagitan ng tolda ng
pagpupulong at altar, at dapat mong lagyan ng tubig iyon. 8
Dapat mong ayusin ang patyo sa palibot nito, at dapat mong
ibitin ang kurtina sa pasukan ng patyo. 9 Dapat mong kunin
ang pangpahid na langis at pahiran ang tabernakulo at ang
lahat ng bagay na naroon. Dapat mong ilaan ito at ang lahat
ng mga kagamitan para sa akin; pagkatapos ito ay magiging
banal. 10 Dapat mong pahiran ang altar para sa sinunog
na handog at lahat ng mga kagamitan nito. Dapat mong
ilaan ang altar sa akin, at ito ay magiging buong ilaan sa
akin. 11 Dapat mong pahiran ang tansong palanggana at
ang patungan nito, at ilaan ito sa akin. 12 Dapat mong dalhin
si Aaron at ang kaniyang mga anak na lalaki sa pasukan
ng tolda ng pagpupulong, at dapat mong hugasan sila ng
tubig. 13 damitan mo si Aaron ng mga kasuotan na nailaan
sa akin, pahiran mo siya, at ilaan mo siya sa akin ng sa
ganoon siya ay makapaglingkod sa akin bilang aking pari. 14
Dadalhin mo ang kaniyang mga anak na lalaki at dadamitan
mo sila ng balabal. 15 Dapat mong pahiran sila gaya ng
pangpahid mo sa kanilang ama kaya makapaglilingkod
sila sa akin bilang mga pari. Ang pagpapahid sa kanila ay
magdudulot sa kanila na maging palagian ang kanilang
pagpapari sa buong salinlahi ng kanilang bayan." 16 Ito
ang ginawa ni Moises; sumunod siya sa lahat ng iniutos ni
Yahweh. Ginawa niya ang lahat ng mga ito. 17 Kaya ang
tabernakulo ay naitayo noong unang araw ng unang buwan
ng ikalawang taon. 18 Itinayo ni Moises ang tabernakulo,
inilagay ang mga tuntungan nito sa kanilang mga lugar,
inilagay ang mga tabla, ikinabit ang mga tubo, at itinayo
ang mga haligi at poste. 19 Inilatag niya ang pantakip sa
ibabaw ng tabernakulo at naglagay ng tolda sa ibabaw nito,
ayon sa inutos ni Yahweh. 20 Kinuha niya ang mga tipan ng
kautusan at inilagay ito sa loob ng kaban. Inilagay niya din
ang mga baras sa kaban at inilagay ang takip ng luklukan ng
awa doon. 21 Dinala niya ang kaban sa loob ng tabernakulo.
Iniayos niya ang kurtina para ito ay magtabing sa kaban
ng mga tipan ng kautusan, ayon sa inutos ni Yahweh sa
kaniya. 22 Inilagay niya ang mesa papasok sa tolda ng
pagpupulong, sa may hilagang bahagi ng tabernakulo, sa
labas ng kurtina. 23 Inilagay niya sa ayos tinapay sa mesa
sa tapat ni Yahweh, ayon sa inutos ni Yahweh sa kaniya. 24
Inilagay niya ang ilawan sa loob ng tolda ng pagpupulong,
sa kabila mula sa mesa, sa gawing timog ng tabernakulo. 25
Sinindihan niya ang mga ilaw sa tapat ni Yahweh, ayon sa
inutos ni Yahweh sa kaniya. 26 Inilagay niya ang gintong
altar ng insenso sa loob ng tolda ng pagpupulong sa harap
ng kurtina. 27 Nagsunog siya doon ng pabangong insenso,
ayon sa inutos ni Yahweh sa kaniya. 28 Isinabit niya ang
kurtina sa pasukan ng tabernakulo. 29 Inilagay niya ang altar
para sa sinunog na handog sa pasukan ng tabernakulo, ang
tolda ng pagpupulong. Inihandog niya doon ang sinunog
na handog at butil na handog, ayon sa inutos ni Yahweh
sa kaniya. 30 Inilagay niya ang palanggana sa gitna ng
tolda ng pagpupulong at ng altar, at naglagay siya ng tubig
dito para sa paghuhugas. 31 Si Moises, Aaron at kaniyang
mga anak ay naghugas ng kanilang mga kamay at kanilang
mga paa sa palanggana. 32 Sa tuwing sila ay papasok sa
tolda ng pagtitipon at sa tuwing pupunta sila pataas ng altar.
Hinuhugasan nila ang kanilang mga sarili, ayon sa inutos
ni Yahweh kay Moises. 33 Iniayos ni Moises ang patyo sa
paligid ng tabernakulo at ng altar. Iniayos niya ang kurtina
sa pasukan ng patyo. Sa paraang ito, tinapos ni Moises
ang mga gawa. 34 Pagkatapos binalot ng ulap ang tolda
ng pagpupulong, at napuno ng kaluwalhatian ni Yahweh
ang tabernakulo. 35 Hindi makapasok si Moises sa tolda ng
pagpupulong dahil ang ulap ay palaging naroon, at dahil
pinuno ng kaluwalhatian ni Yahweh ang tabernakulo. 36
Kahit na ang ulap ay umalis sa ibabaw ng tabernakulo, ang
bayan ng Israel ay magpapatuloy sa kanilang paglalakbay.
37 Pero kung hindi tumaas ang ulap mula sa tabernakulo,
pagkatapos ang bayan ay hindi makakapaglakbay. Sila ay
mananatili hanggang sa ito ay tumaas. 38 Dahil ang ulap
ni Yahweh ay nasa taas ng tabernakulo kapag umaga,
at ang kaniyang apoy ay nasa itaas nito kapag gabi, sa
patag na tanawin ng lahat ng bayan ng Israel sa buo nilang
paglalakbay.

# Levitico

**1** Tinawag ni Yahweh si Moises at kinausap siya mula sa tolda ng pagpupulong, sinasabing, **2** “Kausapin mo ang bayan ng Israel at sabihin sa kanila, 'Kapag sinumang tao mula sa inyo ang magdadala ng isang handog kay Yahweh, dalhin bilang inyong handog ang isa sa inyong mga hayop, alinman mula sa pangkat ng mga hayop o mula sa kawan. **3** Kung ang kaniyang handog ay isang handog na susunugin mula sa pangkat ng mga hayop, dapat niyang ihandog ang isang lalaking hayop na walang dungis. Ihahandog niya ito sa pasukan ng tolda ng pagpupulong, para maaari itong tanggapin sa harapan ni Yahweh. **4** Ipapatong niya ang kaniyang kamay sa ulo ng handog na susunugin, at pagkatapos tatanggapin ito sa ngalan niya para gawing kabayaran ng kasalanan para sa kanyang sarili. **5** Pagkatapos dapat niyang patayin ang toro sa harapan ni Yahweh. Ang mga anak na lalaki ni Aaron, ang mga pari, ihahandog ang dugo at isasaboy ito sa altar na nasa pasukan ng tolda ng pagpupulong. **6** Pagkatapos dapat niyang balatan ang handog na susunugin at pagpira-pirasuhin ito. **7** Pagkatapos ilalagay ng mga anak na lalaki ni Aaron na pari ang apoy sa ibabaw ng altar at maglalagay ng kahoy para palakasin ang apoy. **8** Ilalagay ng mga anak na lalaki ni Aaron, na mga pari, ang mga piraso, ang ulo at ang taba nang maayos sa kahoy na nasa apoy na nasa altar. **9** Pero dapat niyang hugasan ng tubig ang mga lamang-loob at ang mga binti nito. Pagkatapos susunugin ng pari ang lahat ng bagay sa altar bilang isang handog na susunugin. Magbibigay ito sa akin ng mabangong halimuyak; magiging isang handog ito na ginawa sa akin sa pamamagitan ng apoy. **10** Kung mula sa kawan ang kaniyang handog para sa handog na susunugin, isa sa mga tupa o isa sa mga kambing, isang lalaking walang kapintasan ang dapat niyang ihandog. **11** Dapat niya patayin ito sa hilagang dako ng altar sa harapan ni Yahweh. Isasaboy ng mga anak na lalaki ni Aaron, na mga pari, ang dugo nito sa bawat gilid ng altar. **12** Pagkatapos dapat niyang pagpira-pirasuhin ito, kasama ang ulo at ang taba nito, at ilalatag ang mga iyon ng pari sa kahoy na nasa apoy, na nasa altar, **13** subalit dapat niyang hugasan ng tubig ang mga lamang-loob at ang mga binti. Pagkatapos ihahandog ng pari ang kabuuan, at susunugin ito sa altar. Ito ay isang handog na susunugin, at magbibigay ito ng mabangong halimuyak para kay Yahweh; isang handog ito na ginawa sa kanya sa pamamagitan ng apoy. **14** Kung ang handog niya kay Yahweh ay isang sinunog na handog na mga ibon, sa gayon dapat niyang dalhin bilang kaniyang handog ang alinman sa isang kalapati o batang ibon. **15** Dapat itong dalhin ng pari sa altar, pilipitin ang ulo nito, at sunugin ito sa altar. Pagkatapos dapat patuluin lahat ng dugo nito sa gilid ng altar. **16** Dapat niyang alisin ang balun-balunan kasama ang mga laman nito, at itapon ito sa tabi ng altar sa silangang dako, sa lugar para sa mga abo. **17** Dapat niyang biyakin ito hawak ang mga pakpak, pero hindi niya ito dapat hatiin sa dalawang bahagi. Pagkatapos susunugin ito ng pari sa altar, sa kahoy na nasa apoy. Magiging isang handog na susunugin ito, at magbibigay ito ng mabangong halimuyak para kay Yahweh; magiging isang handog ito na ginawa sa kanya sa pamamagitan ng apoy.

**2** Kapag magdadala ang sinuman ng isang butil na handog kay Yahweh, dapat pinong harina ang kaniyang handog, at bubuhusan niya ito ng langis at lalagyan ito ng insenso. **2** Dadalhin niya ang handog sa mga anak na lalaki ni Aaron ang mga pari, at doon kukuha ang pari ng isang dakot ng pinong harina kasama ang langis at ang insensong naroon. Pagkatapos susunugin ng pari ang handog sa altar para alalahaning may pagpapasalamat ang tungkol sa kabutihan ni Yahweh. Magbibigay ito ng mabangong halimuyak para kay Yahweh; magiging isang handog ito na ginawa sa kanya sa pamamagitan ng apoy. **3** Mabibilang kina Aaron at sa kaniyang mga anak na lalaki ang anumang natirang butil na handog. Ganap na inilaan ito kay Yahweh mula sa mga handog kay Yahweh na ginawa sa pamamagitan ng apoy. **4** Kapag naghahandog kayo ng isang butil na handog na walang pampaalsa na hinurno sa isang pugon, dapat malambot na tinapay ito na gawa sa pinong harinang hinaluan ng langis, o matigas na tinapay na walang pampaalsa, na pinahiran ng langis. **5** Kung hinurno ang inyong butil na handog sa isang lapad na kawaling bakal, dapat gawa ito sa pinong harina na walang pampaalsang hinaluan ng langis. **6** Hahatiin ninyo ito sa pira-piraso at bubuhusan ito ng langis. Isang butil na handog ito. **7** Kung niluto sa isang kawali ang inyong butil na handog, dapat gawa ito sa pinong harina at langis. **8** Dapat ninyong dalhin kay Yahweh ang butil na handog na ginawa mula sa mga bagay na ito, at idudulog ito sa pari, na siyang magdadala nito sa altar. **9** Pagkatapos kukuha ang pari ng ilan mula sa butil na handog upang alalahaning may pagpapasalamat ang tungkol sa kabutihan ni Yahweh, at susunugin niya ito sa altar. Magiging isang handog ito sa pamamagitan ng apoy, at magbibigay ito ng mabangong halimuyak para kay Yahweh. **10** Mabibilang kina Aaron at sa kaniyang mga anak na lalaki ang anumang natira sa butil na handog. Ganap na inilaan ito kay Yahweh mula sa mga handog kay Yahweh na ginawa sa pamamagitan ng apoy. **11** Walang butil na handog na inyong ihahandog kay Yahweh ang gagawing may pampaalsa, dahil hindi kayo dapat magsunog ng pampaalsa, ni anumang pulot, bilang handog na ginawa kay Yahweh sa pamamagitan ng apoy.

12 Ihahandog ninyo ang mga ito kay Yahweh bilang isang
handog ng unang mga bunga, pero hindi gagamitin ang mga
iyon upang magbigay ng mabangong halimuyak sa altar. 13
Dapat ninyong timplahan ng asin ang bawat butil ninyong
handog. Hindi ninyo kailanman dapat hayaang mawala ang
asin ng kasunduan ng inyong Diyos mula sa inyong butil na
handog. Kasama ng lahat ng inyong mga handog dapat
maghandog kayo ng asin. 14 Kung maghahandog kayo kay
Yahweh ng unang mga bunga ng isang butil na handog,
maghandog ng sariwang butil na sinangag sa apoy at
pagkatapos dinurog upang maging pagkain. 15 Pagkatapos
dapat ninyong lagyan ito ng langis at insenso. Isang butil na
handog ito. 16 Pagkatapos susunugin ng pari ang bahagi
ng dinurog na butil at langis at insenso para alalahaning
may pagpapasalamat ang tungkol sa kabutihan ni Yahweh.
Isang handog ito na ginawa kay Yahweh sa pamamagitan
ng apoy.

3 Kung mag-alay ang isang tao ng isang handog para sa
pagtitipon-tipon ng isang hayop mula sa grupo ng mga
hayop, maging lalaki o babae, dapat siyang mag-alay ng
isang hayop na walang kapintasan sa harapan ni Yahweh. 2
Ipapatong niya ang kaniyang kamay sa ulo ng kaniyang
handog at papatayin ito sa pintuan ng tolda ng pagpupulong.
Pagkatapos isasaboy ng mga anak ni Aaron na lalaki na mga
pari ang dugo nito sa mga gilid ng altar. 3 Iaalay ng lalaki
ang handog kay Yahweh na isang alay para sa pagtitipon-
tipon sa pamamagitan ng apoy. Ang tabang bumabalot o
nakadikit sa lamang-loob, 4 at ang dalawang bato at ang
tabang nasa mga puson, at ang taba ng atay, kasama
ang mga bato—aalisin niya ang lahat ng ito. 5 Susunugin
iyon ng mga anak ni Aaron na lalaki sa ibabaw ng altar
kasama ang handog na susunugin, na naroon sa kahoy na
nasa apoy. Magbibigay ito ng mabangong samyo para kay
Yahweh; magiging handog ito na gawa para sa kanya sa
pamamagitan ng apoy. 6 Kapag ang alay na handog ng
lalaki sa isang pagtitipon-tipon para kay Yahweh ay mula sa
kawan; lalaki o babae, dapat siyang maghandog ng isang
alay na walang kapintasan. 7 Kapag maghandog siya ng
isang tupa para sa kaniyang alay, pagkatapos dapat niyang
ihandog ito sa harapan ni Yahweh. 8 Ipapatong niya ang
kaniyang kamay sa ulo ng kaniyang alay at papatayin ito sa
harapan ng tolda ng pagpupulong. Pagkatapos isasaboy ng
mga anak na lalaki ni Aaron ang dugo nito sa mga gilid ng
altar. 9 Maghahandog ang lalaki ng alay ng mga handog
para sa pagtitipon-tipon bilang isang handog na gawa sa
pamamagitan ng apoy kay Yahweh. Aalisin ang taba, ang
buong taba ng buntot hanggang sa gulugod, at ang tabang
bumabalot sa lamang-loob at ang lahat ng tabang malapit
sa lamang-loob, 10 at ang dalawang bato at ang tabang
nasa mga ito, na nasa mga puson at ang taba ng atay,
kasama ang mga bato— aalisin niya ang lahat ng ito. 11
At susunugin ng pari ang lahat ng ito sa altar bilang isang
pagkaing handog na gawa sa apoy kay Yahweh. 12 At
kung ang handog ng lalaki ay isang kambing, kung gayon
ihahandog niya ito sa harapan ni Yahweh. 13 Dapat niyang
ipatong ang kaniyang kamay sa ulo ng kambing at patayin ito
sa harapan ng tolda ng pagpupulong. Pagkatapos isasaboy
ng mga anak na lalaki ni Aaron ang dugo nito sa mga gilid ng
altar. 14 Ihahandog ng lalaki ang kaniyang alay kay Yahweh
na gawa sa pamamagitan ng apoy. Aalisin niya ang tabang
bumabalot sa lamang-loob, at ang lahat ng tabang malapit
sa lamang-loob. 15 Aalisin niya rin ang dalawang bato at
ang taba na nasa mga ito, na nasa mga puson at ang taba
ng atay kasama ang mga bato. 16 Susunugin ng pari ang
lahat ng iyon bilang isang pagkaing handog na gawa sa
pamamagitan ng apoy, para magbigay ng isang mabangong
samyo. Pag-aari ni Yahweh ang lahat ng taba. 17 Magiging
isang permanenteng batas ito sa lahat ng mga salinlahi ng
inyong bayan sa bawat lugar na gagawan ninyo ng inyong
bahay, na dapat hindi kayo kakain ng taba o dugo.'"

4 Nagsalita si Yahweh kay Moises, sinasabing, 2 "Sabihin
mo sa bayan ng Israel, 'Kapag nagkasala ang sinuman
na hindi sinasadyang magkasala, sa paggawa ng alinmang
bagay na inutos ni Yahweh na huwag gawin, at kung
nakagawa siya ng isang bagay na ipinagbabawal, dapat
gawin ang sumusunod. 3 Kung ang punong pari ang siyang
nagkasala para magdala ng kasalanan sa mga tao, sa gayon
hayaan siyang maghandog para sa kasalanang ginawa niya
ng isang batang toro na walang kapintasan kay Yahweh
bilang isang handog para sa kasalanan. 4 Dapat niyang
dalhin ang toro sa pasukan ng tolda ng pagpupulong sa
harapan ni Yahweh, ipatong ang kaniyang kamay sa ulo
nito, at patayin ang toro sa harapan ni Yahweh. 5 Kukuha
ang hinirang na pari ng kaunting dugo ng toro at dadalhin ito
sa tolda ng pagpupulong. 6 Isasawsaw ng pari ang kanyang
daliri sa dugo at iwiwisik ang kaunti nito ng pitong beses
sa harapan ni Yahweh, sa harap ng kurtina ng kabanal-
banalang lugar. 7 At ilalagay ng pari ang kaunting dugo sa
mga sungay ng altar ng mabangong insenso sa harapan ni
Yahweh, na nasa tolda ng pagpupulong, at ibubuhos niya
ang lahat ng natirang dugo ng toro sa paanan ng altar para
sa mga handog na susunugin, na nasa pasukan ng tolda ng
pagpupulong. 8 Aalisin niya ang lahat ng taba sa torong
panghandog para sa kasalanan; ang tabang bumabalot sa
mga lamang loob, lahat ng tabang nakadikit sa mga panloob
na bahagi, 9 ang dalawang bato at ang taba na nasa mga
ito, na nasa puson, at ang umbok ng atay, kasama ang mga
bato— aalisin niya itong lahat. 10 Aalisin niya ang lahat ng

ito, gaya ng kaniyang pag-alis nito mula sa torong alay ng
handog para sa kapayapaan. Pagkatapos susunugin ng
pari ang mga bahaging ito sa altar para sa mga handog na
susunugin. 11 Ang balat ng toro at anumang natirang laman,
kasama ang ulo at ang mga binti at ang mga panloob na
bahagi at ang dumi nito, 12 ang lahat ng natirang bahagi
ng toro—bibitbitin niya ang lahat ng bahaging ito sa labas
ng kampo sa isang lugar na nilinis nila para sa akin, kung
saan nila binubuhos ang mga abo; susunugin nila ang mga
bahaging iyon doon sa kahoy. Dapat nilang sunugin ang mga
bahaging iyon kung saan nila binubuhos ang mga abo. 13
Kung nagkasala ang buong kapulungan ng Israel nang hindi
sinasadya, at hindi alam ng kapulungan na nagkasala sila at
nakagawa ng anumang mga bagay na inutos ni Yahweh na
huwag gawin, at kung nagkasala sila, 14 pagkatapos, kapag
naging hayag ang kasalanang ginawa nila, sa gayon dapat
maghandog ang kapulungan ng isang batang toro bilang
isang handog para sa kasalanan at dalhin ito sa harap ng
tolda ng pagpupulong. 15 Ipapatong ng mga nakatatanda
ng kapulungan ang kanilang mga kamay sa ulo ng toro
sa harap ni Yahweh, at papatayin ang toro sa harapan
ni Yahweh. 16 Dadalhin ng hinirang na pari ang kaunting
dugo ng toro sa tolda ng pagpupulong, 17 at isasawsaw
ng pari ang kaniyang daliri sa dugo at iwiwisik ito nang
pitong beses sa harapan ni Yahweh, sa harap ng kurtina. 18
Maglalagay siya ng kaunting dugo sa mga sungay ng altar
na nasa harapan ni Yahweh, na nasa tolda ng pagpupulong,
at ibubuhos niya ang lahat ng dugo sa paanan ng altar para
sa mga handog na susunugin, na nasa pasukan ng tolda
ng pagpupulong. 19 Aalisin niya ang lahat ng taba mula
rito at susunugin ito sa altar. 20 Ganyan ang dapat niyang
gawin sa toro. Gaya ng kaniyang ginawa sa torong handog
para sa kasalanan, gayon din ang kaniyang gagawin sa
torong ito, at gagawa ang pari ng pambayad ng kasalanan
para sa mga tao, at papatawarin sila. 21 Bubuhatin niya ang
toro sa labas ng kampo at susunugin ito gaya ng pagsunog
niya sa unang toro. Ito ang handog para sa kasalanan para
sa kapulungan. 22 Kapag nagkasala ang isang namumuno
nang hindi sinasadya, sa paggawa ng anuman sa lahat
ng mga bagay na inutos ni Yahweh na kanyang Diyos na
huwag gawin, at kung nagkasala siya, 23 pagkatapos kung
ipinaalam sa kaniya ang kasalanang kaniyang ginawa, dapat
siyang magdala para sa kaniyang alay ng isang kambing,
isang lalaking walang kapintasan. 24 Ipapatong niya ang
kaniyang kamay sa ulo ng kambing at papatayin ito sa lugar
kung saan nila pinapatay ang mga handog na susunugin sa
harapan ni Yahweh. Isa itong handog para sa kasalanan. 25
Kukunin ng pari ang dugo ng handog para sa kasalanan sa
pamamagitan ng kaniyang daliri at ilalagay ito sa mga sungay
ng altar para sa mga handog na susunugin, at ibubuhos niya
ang dugo nito sa paanan ng altar ng handog na susunugin.
26 Susunugin niya ang lahat ng taba sa altar, gaya ng taba
ng alay ng mga handog para sa kapayapaan. Gagawa ang
pari para sa ikapagpapatawad ng namumuno patungkol
sa kaniyang kasalanan, at papatawarin ang namumuno.
27 Kung nagkasala ang sinuman sa mga karaniwang tao
nang hindi sinasadya, sa paggawa ng anumang mga bagay
na inutos ni Yahweh na huwag gawin, at kung nagkasala
siya, 28 pagkatapos kung alam niya ang kasalanang nagawa
niya, sa gayon magdadala siya ng isang kambing para sa
kaniyang alay, isang babaeng walang kapintasan, para sa
kasalanang ginawa niya. 29 Ipapatong niya ang kaniyang
kamay sa ulo ng handog para sa kasalanan at papatayin
ang handog para sa kasalanan sa lugar ng susunuging
handog. 30 Kukuha ang pari ng kaunting dugo gamit ang
kaniyang daliri at ilalagay ito sa mga sungay ng altar para
sa mga handog na susunugin. Ibubuhos niya ang lahat
ng natirang dugo sa paanan ng altar. 31 Aalisin niya ang
lahat ng taba, gaya ng pag-alis ng taba mula sa alay ng
mga handog para sa kapayapaan. Susunugin ito ng pari sa
altar upang magdulot ng isang matamis na samyo para kay
Yahweh. Gagawa ang pari ng kabayaran ng kasalanan para
sa tao, at papatawarin siya. 32 Kung magdadala ang isang
tao ng isang kordero bilang alay niya para sa isang handog
sa kasalanan, dadalhin niya ang isang babaeng walang
kapintasan. 33 Ipapatong niya ang kaniyang kamay sa ulo
ng handog para sa kasalanan at papatayin ito para sa isang
handog sa kasalanan sa lugar kung saan nila pinapatay
ang handog na susunugin. 34 Kukuha ang pari ng kaunting
dugo sa handog para sa kasalanan gamit ang kaniyang
daliri at ilalagay ito sa mga sungay ng altar bilang mga
handog na susunugin, at ibubuhos niya ang lahat ng dugo
nito sa paanan ng altar. 35 Aalisin niya ang lahat ng taba,
gaya ng ang taba ng kordero ay inalis mula sa alay ng mga
handog para sa kapayapaan, at susunugin ito ng pari sa
altar sa ibabaw ng mga handog ni Yahweh na gawa sa apoy.
Gagawa ang pari ng pambayad ng kasalanan para sa kaniya
para sa kasalanang ginawa niya, at papatawarin ang tao.

**5** Kung magkasala ang sinuman dahil tumanggi siyang
magpatotoo nang nakasaksi siya tungkol sa isang bagay
na kung saan kinakailangan niyang magpatotoo, kahit na
nakita niya ito o narinig ang tungkol dito, mayroon siyang
pananagutan. 2 O kung sinuman ang makakahipo ng
anumang bagay na itinalaga ng Diyos bilang marumi, maging
patay na katawan ito ng isang marumi na mabangis na hayop
o katawan ng anumang mga hayop na patay, o gumagapang
na hayop, kahit na hindi sinasadyang mahipo ito ng tao, siya
ay marumi at nagkasala. 3 O kung makakahawak siya ng

karumihan ng isang tao, kung anumang karumihang iyon,
at kung hindi niya alam ito, sa gayon magkakasala siya
kapag nalaman niya ang tungkol dito. 4 O kung sinuman ay
sumumpa nang padalus-dalos sa pamamagitan ng kaniyang
mga labi upang gumawa ng masama, o gumawa ng mabuti,
anumang sumpa ang binitiwan ng isang tao nang padalus-
dalos ng may isang panunumpa, kahit na hindi niya alam
ito, kapag nalaman niya ang tungkol dito, kung gayon ay
magkakasala siya, sa anumang mga bagay na ito. 5 Kapag
nagkasala ang isang tao sa anumang mga bagay na ito,
dapat ipagtapat niya ang anumang kasalanan na kaniyang
nagawa. 6 Pagkatapos dapat niyang dalhin kay Yahweh
ang kaniyang handog na pambayad sa kasalanan para sa
kasalanang nagawa niya, isang babaeng hayop mula sa
kawan, alinman sa isang tupa o isang kambing, para sa
isang handog para sa kasalanan, at gagawa ang pari para sa
ikapapatawad niya ukol sa kaniyang kasalanan. 7 Kung hindi
niya kayang bumili ng isang tupa, kung gayon maaari niyang
dalhin kay Yahweh bilang kaniyang handog na pambayad
sa kasalanan ang dalawang kalapati o dalawang batang
kalapati, isa para sa handog para sa kasalanan at ang isa
para sa isang handog na susunugin. 8 Dapat niyang dalhin
ang mga ito sa pari, na ihahandog ang isa para sa isang
handog para sa kasalanan—pipilipitin niya ang ulo nito mula
sa leeg pero hindi niya tuluyang tatanggalin ito mula sa
katawan. 9 Pagkatapos isasaboy niya sa gilid ng altar ang
kaunting dugo ng handog pambayad para sa kasalanan, at
ibubuhos niya ang natitirang dugo sa pundasyon ng altar.
Ito ay isang handog para sa kasalanan. 10 Pagkatapos
dapat niyang ihandog ang pangalawang ibon bilang isang
handog na susunugin, gaya ng inilarawan sa mga tagubilin,
at gagawa ang pari ng kabayaran ng kasalanan para sa
kaniya para sa nagawa niyang kasalanan, at patatawarin ang
tao. 11 Ngunit kung hindi niya kayang bumili ng dalawang
kalapati o dalawang batang kalapati, kung gayon dapat
dalhin niya bilang kaniyang alay para sa kaniyang kasalanan
ang isang ikasampu ng isang epa ng pinong harina para
sa handog para sa kasalanan. Hindi niya dapat lagyan ito
ng langis o kahit anong insenso, dahil ito ay isang handog
para sa kasalanan. 12 Dapat niya dalhin ito sa pari, at
kukuha ang pari ng isang dakot nito para isipin nang may
pasasalamat tungkol sa kabutihan ni Yahweh at pagkatapos
sunugin ito sa ibabaw ng altar, sa ibabaw ng mga handog
na gawa sa pamamagitan ng apoy para kay Yahweh. Ito
ay isang handog para sa kasalanan. 13 Gagawa ang pari
sa ikapapatawad ng anumang kasalanan na nagawa ng
tao, at ang taong iyon ay patatawarin. Magiging pag-aari ng
pari ang mga natira mula sa handog, gaya din ng handog
na butil.'" 14 Pagkatapos nagsalita si Yahweh kay Moises,
na nagsasabing, 15 "Kung sinuman ay lumabag sa isang
utos at nagkasala laban sa mga bagay na pagmamay-
ari ni Yahweh, ngunit nagawa nang hindi sinasadya, kung
gayon dapat dalhin niya kay Yahweh ang kaniyang handog
na pambayad kasalanan. Dapat isang lalaking tupa na
walang dungis mula sa kawan ang handog na ito; dapat
tasahin ang halaga nito sa pilak na sekel—ang sekel ng
santuwaryo—bilang handog na pambayad sa kasalanan.
16 Dapat niya bigyan ng kasiyahan si Yahweh para sa
kaniyang nagawang mali kaugnay sa kung ano ang banal, at
dapat niya itong dagdagan ng ikalima at ibigay ito sa pari.
Pagkatapos gagawa ang pari ng kabayaran sa kasalanan
para sa kanya kasama ang lalaking tupa na handog na
pambayad kasalanan, at patatawarin ang taong iyon. 17
Kung nagkasala ang isang tao at gumawa ng anumang
bagay na iniutos ni Yahweh na hindi dapat gawin, kahit
na hindi niya alam ito, nagkasala pa rin siya at dapat niya
dalhin ang kaniyang sariling pagkakasala. 18 Dapat niyang
dalhin ang isang lalaking tupa na walang kapintasan mula
sa kawan, katumbas ng kasalukuyang halaga, bilang isang
handog na pambayad sa kasalanan sa pari. Pagkatapos
gagawa ang pari ng pambayad sa kasalanan para sa kanya
ukol sa kanyang nagawang kasalanan, na kung saan hindi
niya alam, at siya ay papatawarin. 19 Isang handog ito na
pambayad sa kasalanan, at tiyak na nagkasala siya sa harap
ni Yahweh."

6 Nagsalita si Yahweh kay Moises, na nagsasabing, 2
"Kung sinuman ang nagkasala at lumabag sa isang utos
laban kay Yahweh, tulad ng sinungaling na pakikitungo sa
kaniyang kapwa hinggil sa isang bagay na ipinagkatiwala sa
kaniya, o kung nililinlang o ninanakawan niya, o pinahihirapan
ang kaniyang kapwa, 3 o nakakita ng isang bagay na
nawala ng kaniyang kapwa at nagsinungaling tungkol dito, at
nanumpa sa pagsisinungaling, o sa mga bagay na katulad
nito na nagkasala ang mga tao, 4 kung gayon, mangyayari
na kung nagkasala siya at may kasalanan, na dapat niyang
ibalik anuman ang kaniyang kinuha sa pamamagitan ng
pagnanakaw o pang-aapi o pagkuha ng kung ano ang
ipinagkatiwala sa kaniya o ang nawalang bagay na nakita
niya. 5 O kung nagsinungaling siya tungkol sa anumang
bagay, dapat niyang ibalik ito nang buo at dapat dagdagan ng
ikalima para bayaran siya na kung kanino ito inutang, sa araw
na nakitaan siya na may kasalanan. 6 Pagkatapos dapat niya
dalhin kay Yahweh ang kaniyang handog na pambayad para
sa kasalanan: isang lalaking tupa mula sa kawan na walang
dungis na nagkakahalaga ng kasalukuyang halaga, bilang
isang handog na pambayad para sa kasalanan sa pari. 7
Para sa kaniya ay gagawa ang pari ng isang pambayad
para sa kasalanan sa harap ni Yahweh, at patatawarin siya

ukol sa anumang kasalanang ginawa niya." **8** Pagkatapos nagsalita si Yahweh kay Moises, na nagsasabing, **9** "Utusan mo si Aaron at ang kaniyang mga anak na lalaki, at sabihin mo, 'Ito ang batas ng handog na susunugin: Dapat nasa ibabaw ng dapog ng altar ang handog na susunugin sa buong gabi hanggang umaga, at pananatilihing umaapoy ang apoy ng altar. **10** Isusuot ng pari ang kaniyang linong mga damit, at isusuot niya ang kaniyang linong mga damit na panloob. Kukunin niya ang naiwang mga abo pagkatapos na natupok ng apoy ang handog na pambayad para sa kasalanan sa ibabaw ng altar, at ilalagay niya ang mga abo sa gilid ng altar. **11** Huhubarin niya ang kaniyang mga damit at isusuot ang ibang mga damit para dalhin ang mga abo sa labas ng kampo patungo sa isang lugar na malinis. **12** Pananatilihing umaapoy ang apoy sa ibabaw ng altar. Hindi ito dapat mamatay, at ang pari ay magsusunog ng kahoy sa ibabaw nito tuwing umaga. Aayusin niya ang handog na pambayad para sa kasalanan ayon sa pangangailangan nito, at kaniyang susunugin dito ang taba ng mga handog pangkapayapaan. **13** Dapat patuloy na panatilihing umaapoy ang apoy sa ibabaw ng altar. Hindi ito dapat mamatay. **14** Ito ang batas ng handog na pagkaing butil. Ihahandog ito ng mga anak na lalaki ni Aaron sa harap ni Yahweh sa harapan ng altar. **15** Kukuha ang pari ng isang dakot ng pinong harina sa handog na pagkaing butil at sa langis at sa insenso na nasa handog na pagkaing butil, at susunugin niya ito sa altar para magpalabas ng isang mabangong samyo para isipin at magpasalamat tungkol sa kabutihan ni Yahweh. **16** Kakainin ni Aaron at ng kaniyang mga anak na lalaki ang anumang natira sa handog. Dapat ito kainin nang walang pampaalsa sa isang banal na lugar. Kakainin nila ito sa patyo ng tolda ng pagpupulong. **17** Hindi ito dapat ihurno nang may pampaalsa. Ibinigay ko ito bilang kanilang bahagi sa aking mga handog na gawa sa pamamagitan ng apoy. Pinakabanal ito, gaya ng handog para sa kasalanan at ng handog na pambayad para sa kasalanan. **18** Para sa lahat na panahong darating sa lahat ng mga salinlahi ng iyong bayan, maaaring makakain nito bilang kaniyang bahagi ang anumang lalaki na nagmumula kay Aaron, kinuha mula sa mga handog kay Yahweh na gawa sa pamamagitan ng apoy. Magiging banal ang sinumang humipo ng mga ito.'" **19** Kaya muling nagsalita si Yahweh kay Moises, na nagsasabing, **20** "Ito ang handog ni Aaron at ng kaniyang mga anak na lalaki, na kanilang ihahandog kay Yahweh sa araw na kung kailan papahiran ng langis ang bawat anak na lalaki: isang ikasampung bahagi ng isang ephah ng pinong harina bilang isang karaniwang handog na pagkaing butil, kalahati nito sa umaga at kalahati nito sa gabi. **21** Gagawin ito sa isang panghurnong kawali na may langis. Kapag nababad na ito, dadalhin mo ito sa loob. Sa inihurnong pira-piraso ihahandog mo ang handog na pagkaing butil para magpalabas ng mabangong samyo para kay Yahweh. **22** Ang anak na lalaki ng punong pari na siyang magiging bagong punong pari mula sa kaniyang mga anak na lalaki ang siyang mag-aalay nito. Gaya ng iniutos magpakailanman, susunugin ang lahat ng mga ito para kay Yahweh. **23** Lubusang susunugin ng pari ang bawat handog na pagkaing butil. Hindi ito dapat kainin." **24** Muling nagsalita si Yahweh kay Moises, na nagsasabing, **25** "Kausapin mo si Aaron at ang kaniyang mga anak na lalaki, na nagsasabing, 'Ito ang batas ng handog para sa kasalanan: Dapat patayin ang handog para sa kasalanan sa lugar na kung saan pinatay ang handog na susunugin sa harap ni Yahweh. Ito ay pinakabanal. **26** Kakainin ito ng pari na naghandog nito para sa kasalanan. Dapat ito kainin sa isang banal na lugar sa patyo ng tolda ng pagpupulong. **27** Magiging banal ang anumang makakahawak ng mga karneng ito, at kung naiwisik ang dugo sa anumang damit, dapat ninyong labahan ito, ang bahagi na tinilamsikan, sa isang banal na lugar. **28** Pero dapat basagin ang kaldero na pinakuluan nito. Kung pinakuluan ito sa isang tansong kaldero, dapat kuskusin ito at hugasan sa malinis na tubig. **29** Maaaring kainin ng sinumang lalaki mula sa mga pari ang ilan sa mga ito dahil ito ay pinakabanal. **30** At walang handog para sa kasalanan ang dapat kainin mula sa kung saan anumang dugo ay dinala sa loob ng tolda ng pagpupulong para makagawa sa ikapapatawad ng kasalanan sa banal na lugar. Dapat itong sunugin.

**7** Ito ang batas ng handog na pambayad para sa kasalanan. Pinakabanal ito. **2** Dapat nila patayin ang handog na pambayad para sa kasalanan sa lugar ng pagpatay dito, at dapat isaboy nila ang dugo nito sa bawat gilid ng altar. **3** Ihahandog ang lahat ng taba nito: ang taba ng buntot, ang taba na nasa panloob na mga bahagi, **4** ang dalawang bato at ang taba na nasa mga ito, na kasunod sa mga puson, at ang bumalot sa atay, kasama ang mga bato—dapat tanggalin ang lahat ng ito. **5** Dapat sunugin ng pari ang mga bahagi sa altar bilang isang handog na sinunog sa apoy para kay Yahweh. Ito ang handog na pambayad para sa kasalanan. **6** Bawat lalaki na kabilang sa mga pari ay maaaring kumain ng bahagi ng handog na ito. Dapat kainin ito sa isang banal na lugar dahil pinakabanal ito. **7** Ang handog para sa kasalanan ay katulad ng handog na pambayad para sa kasalanan. Parehong batas ang ginagamit sa dalawang ito. Nabibilang ang mga ito sa pari na siyang gumawa ng pambayad para sa kasalanan sa kanila. **8** Ang pari na siyang naghahandog ng kanino mang handog na sinunog ay maaaring ilaan para sa kaniyang sarili ang balat ng handog na iyon. **9** Bawat handog na pagkaing butil na inihurno sa

isang hurno, at ang bawat handog na niluto sa isang kawali
o sa isang kawaling panghurno ay mabibilang sa pari na
siyang naghahandog nito. **10** Bawat handog na pagkaing
butil, kahit tuyo o hinaluan ng langis, parehong mabibilang
sa lahat ng mga kaapu-apuhan ni Aaron. **11** Ito ang batas ng
alay na handog para sa kapayapaan na ihahandog ng mga
tao kay Yahweh. **12** Kung sinuman ang maghahandog nito
para magbigay ng mga pasasalamat, kung gayon dapat niya
ihandog ito kasama ng isang alay na mga tinapay na ginawa
na walang pampaalsa, ngunit hinaluan ng langis, mga
tinapay na ginawa na walang pampaalsa, ngunit pinahiran
ng langis, at ang mga tinapay na ginawa gamit ang pinong
harina na hinaluan ng langis. **13** Pati rin ang para sa layunin
ng pagbibigay ng mga pasasalamat, dapat ihandog niya
kasama ang kaniyang handog na para sa kapayapaan ang
mga tinapay na niluto na may pampaalsa. **14** Ihahandog
niya ang isa sa bawat uri ng mga alay bilang isang handog
na idudulog kay Yahweh. Magiging pag-aari ito ng mga
pari na siyang nagsaboy ng dugo ng mga handog para sa
kapayapaan sa altar. **15** Ang taong naghahandog ng isang
handog para sa kapayapaan para sa layunin ng pagbibigay
ng mga pasasalamat ay dapat kainin ang karne na kanyang
handog sa araw ng pag-alay. Wala siyang dapat itira na
anuman nito hanggang sa susunod na umaga. **16** Ngunit
kung ang alay na kaniyang handog ay para sa layunin ng
isang panata, o para sa isang layunin ng pagkukusang-
loob na handog, kakainin dapat ang karne sa araw na
kaniyang ihahandog ang kanyang alay, pero kung anuman
ang natira nito ay maaaring kainin kinabukasan. **17** Subalit,
kung anumang karne ng alay na natira sa ikatlong araw
ay dapat sunugin. **18** Kung anuman sa karne ng alay ng
tao na handog para sa kapayapaan ay kinain sa ikatlong
araw, hindi ito tatanggapin, ni bibigyang pagkilala ang taong
naghandog nito. Ito ay magiging isang kasuklam-suklam na
bagay, at ang tao na siyang kumain nito ay dadalhin ang
pagkakasala ng kaniyang kasalanan. **19** Anumang karne na
madikit sa maruming bagay ay hindi dapat kainin. Dapat
itong sunugin. Ganoon din sa natirang karne, sinuman ang
malinis ay maaaring kumain nito. **20** Subalit, ang taong
marumi na kumain sa anumang karne mula sa alay ng isang
handog para sa kapayapaan na pag-aari ni Yahweh—dapat
itiwalag ang taong iyon mula sa kaniyang mga kababayan.
**21** Kung sinuman ang makahahawak ng anumang bagay
na marumi—kahit ang taong walang kalinisan, o hayop na
hindi malinis, o alin mang hindi malinis at nakapandidiring
bagay, at kung kinain niya ang ilan sa karne na isang alay na
handog para sa kapayapaan na pag-aari ni Yahweh, dapat
itiwalag ang taong iyon mula sa kaniyang mga kababayan.'"
**22** Pagkatapos nangusap si Yahweh kay Moises, sinasabing,
**23** "Kausapin mo ang bayan ng Israel at sabihin, 'Hindi kayo
dapat kumain ng taba ng isang baka o tupa o kambing.
**24** Ang taba ng isang hayop na namatay na hindi naalay,
o ang taba ng isang hayop na nilapang mga mababangis
na hayop, maaaring gamitin para sa ibang mga layunin,
pero tiyak na hindi ninyo dapat kainin ito. **25** Sinuman ang
kumain ng taba ng isang hayop na maaaring ihandog ng
mga lalaki bilang isang alay na susunugin sa apoy para kay
Yahweh, dapat itiwalag ang taong iyon mula sa kaniyang
mga lahi. **26** Hindi dapat kayo kumain ng anumang dugo sa
anuman sa inyong mga bahay, mula man ito sa isang ibon
o sa isang hayop. **27** Sinuman ang kumain ng anumang
dugo, dapat itiwalag ang taong iyon mula sa kaniyang mga
kababayan.'" **28** Kaya nangusap si Yahweh kay Moises at
sinabi, **29** "Kausapin mo ang bayan ng Israel at sabihin,
'Sino man ang maghandog ng alay ng isang handog para sa
kapayapaan para kay Yahweh ay dapat magdala ng bahagi
ng kaniyang alay para kay Yahweh. **30** Ang handog para
kay Yahweh na susunugin sa apoy, dapat ang kaniyang
sariling mga kamay ang magdala nito. Dapat niya dalhin
ang taba kasama ang dibdib, para ang dibdib ay maging
isang handog na maitaas sa harapan ni Yahweh at idulog
sa kaniya. **31** Dapat sunugin ng pari ang taba sa altar,
pero ang dibdib ay ikakaloob kay Aaron at sa kaniyang
mga kaapu-apuhan. **32** Dapat ibigay ninyo ang kanang hita
sa pari bilang isang handog na idinulog mula sa alay ng
inyong handog para sa kapayapaan. **33** Ang pari, isa sa mga
kaapu-apuhan ni Aaron, ang naghandog ng dugo ng mga
handog para sa kapayapaan at ang taba—magkakaroon
siya ng kanang hita bilang kaniyang bahagi sa handog. **34**
Dahil kinuha ko ang handog na dibdib at hita na itinaas
at idinulog sa akin, at ibinigay ko ang mga ito kay Aaron,
ang pinakapunong pari at sa kaniyang mga kaapu-apuhan;
patuloy itong magiging kanilang bahagi mula sa mga alay na
handog para sa kapayapaan na ginawa ng bayan ng Israel.
**35** Ito ay bahagi para kay Aaron at sa kaniyang mga kaapu-
apuhan mula sa mga handog para kay Yahweh na sinunog
sa apoy, sa araw na iniharap sila ni Moises para maglingkod
kay Yahweh sa gawain ng pari. **36** Ito ang mga bahagi na
iniutos ni Yahweh na ibigay sa kanila mula sa bayan ng
Israel, sa araw na kaniyang hinirang ang mga pari. Patuloy
itong magiging kanilang bahagi sa lahat ng mga salinlahi. **37**
Ito ang batas ng sinunog na handog, handog na pagkaing
butil, handog para sa kasalanan, handog na pambayad para
sa kasalanan, handog na pagpapabanal, at alay na handog
para sa kapayapaan, **38** kung saan ibinigay ni Yahweh ang
mga utos kay Moises sa Bundok Sinai sa araw na kaniyang
iniutusan ang bayan ng Israel na maghandog ng kanilang
mga alay kay Yahweh sa ilang g Sinai.'"

**8** Nagsalita si Yahweh kay Moises, sinasabing, **2** “Isama
mo si Aaron at ang kaniyang mga anak na lalaki, ang
mga kasuotan at ang langis na pampahid, ang toro para sa
mga paghahandog sa kasalanan, ang dalawang lalaking
tupa, at ang basket ng tinapay na walang pampaalsa. **3**
Tipunin ang lahat ng kapulungan sa pasukan patungo sa
tolda ng pagpupulong.” **4** Kaya ginawa ni Moises ang ipinag-
utos ni Yahweh sa kaniya, at sama-samang dumating ang
kapulungan sa pasukan patungo sa tolda ng pagpupulong. **5**
Pagkatapos sinabi ni Moises sa kapulungan, “Ito ang ipinag-
utos ni Yahweh na dapat gawin.” **6** Dinala ni Moises si Aaron
at ang kaniyang mga anak na lalaki at hinugasan sila ng
tubig. **7** Inilagay niya kay Aaron ang tunika at itinali ang
kabitan sa palibot sa kaniyang baywang, binihisan siya ng
kasuotan at inilagay ang efod sa kaniya, at pagkatapos itinali
niya ang efod sa palibot niya kasama ng kabitan na hinabi
nang pino at itinali ito sa kaniya. **8** Inilagay niya ang baluti sa
kaniya, at sa baluti inilagay niya ang Urim at Tummim. **9**
Inilapat niya ang turbante sa ibabaw ng kaniyang ulo, at sa
ibabaw ng turbante, sa harapan, inilagay niya ang gintong
plato, ang banal na korona, ayon sa ipinag-utos ni Yahweh
sa kaniya. **10** Kinuha ni Moises ang pampahid na langis,
pinahiran ang tabernakulo at ang lahat ng bagay sa loob
nito, at inihandog ang mga ito kay Yahweh. **11** Winisikan
niya ng langis ang ibabaw ng altar ng pitong ulit, at pinahiran
ang altar at ang lahat nitong kagamitan, at ang panghugas
na palanggana at ang patungan nito, para ihandog ang mga
ito kay Yahweh. **12** Binuhusan niya ng kaunting pampahid
na langis ang ulo ni Aaron at pinahiran siya para ihandog
siya kay Yahweh. **13** Dinala ni Moises ang mga anak na
lalaki ni Aaron at binihisan sila ng mga tunika; itinali niya
ang mga kabitan sa palibot ng kanilang mga baywang at
ibinalot ng lino na damit sa palibot ng kanilang mga ulo, ayon
sa ipinag-utos ni Yahweh sa kaniya. **14** Dinala ni Moises
ang torong handog para sa kasalanan, at si Aaron at ang
kaniyang mga anak na lalaki ay ipinatong ang kanilang mga
kamay sa ulo ng toro na kanilang dinala para ihandog para
sa kasalanan. **15** Pinatay niya ito, at kinuha niya ang dugo at
inilagay niya ito sa mga sungay ng altar gamit ang kaniyang
daliri, nilinisan ang altar, binuhusan ng dugo ang patungan
ng altar, at ibinukod ito para sa Diyos para sa kabayaran ng
kasalanan para dito. **16** Kinuha niya ang lahat ng taba sa
laman-loob, ang bumabalot sa atay, at ang dalawang bato
at ang kanilang taba, at sinunog ni Moises ang lahat ng
ito sa ibabaw ng altar. **17** Pero ang toro, balat nito, karne
nito, at dumi nito ay sinunog niya sa labas ng kampo, gaya
ng iniutos ni Yahweh sa kaniya. **18** Inalay ni Moises ang
lalaking tupa para sa handog na susunugin, at ipinatong ni
Aaron at ng kaniyang mga anak na lalaki ang kanilang mga
kamay sa ulo ng lalaking tupa. **19** Pinatay niya ito at isinaboy
ang dugo nito sa bawat gilid ng altar. **20** Hiniwa niya ang
lalaking tupa nang pira-piraso at sinunog ang ulo at ang mga
piraso at ang taba. **21** Hinugasan niya ang laman loob at ang
mga binti sa pamamagitan ng tubig, at kaniyang sinunog
ang isang buong lalaking tupa sa ibabaw ng altar. Ito ay
isang handog na susunugin at naglalabas ng mabangong
halimuyak, isang paghahandog na gawa sa pamamagitan
ng apoy para kay Yahweh inutos ni Yahweh kay Moises. **22**
Pagkatapos iniharap ni Moises ang ibang tupa, ang tupang
lalaki ng pagtatalaga, at ipinatong ni Aaron at ng kaniyang
mga anak na lalaki ang kanilang mga kamay sa ibabaw
ng ulo ng lalaking tupa. **23** Pinatay ito ni Aaron at kumuha
si Moises ng kaunting dugo nito at inilagay ito sa dulo ng
kanang tainga ni Aaron, sa hinlalaki ng kaniyang kanang
kamay at sa hinlalaki ng kaniyang kanang paa. **24** Dinala
niya ang mga anak na lalaki ni Aaron, at inilagay niya ang
kaunting dugo sa ibabaw ng dulo ng kanilang kanang tainga,
sa hinlalaki ng kanilang kanang kamay, at sa hinlalaki ng
kanilang kanang paa. Pagkatapos isinaboy ni Moises ang
dugo nito sa bawat gilid ng altar. **25** Kinuha niya ang taba,
ang taba ng buntot, ang lahat ng taba sa mga laman-loob,
ang bumabalot sa atay at ang dalawang bato at ang kanang
hita. **26** Mula sa basket ng tinapay na walang na walang
pampaalsa at isang nilangisan na tinapay at isang barkilyos,
at inilagay ang mga ito sa ibabaw ng taba at sa kanang hita.
**27** Inilagay niya ang lahat ng ito sa mga kamay ni Aaron at
sa mga kamay ng kaniyang mga anak na lalaki, itinaas ang
mga ito bilang isang paghahandog sa harapan ni Yahweh.
**28** Kaya kinuha ni Moises ang mga ito mula sa kanilang mga
kamay at sinunog ang mga ito sa ibabaw ng altar para sa
mga handog na susunugin. Ang mga ito'y isang handog ng
pagtatalaga at naglabas ng mabangong halimuyak. Ito ay
isang paghahandog na ginawa sa pamamagitan ng apoy
para kay Yahweh. **29** Kinuha si Moises ang dibdib at itinaas
ito bilang isang handog kay Yahweh. Ito ang bahagi ni
Moises sa tupang lalaki para sa pantalaga sa pari, ayon sa
ipinag-utos ni Yahweh sa kaniya. **30** Kumuha si Moises ng
kaunting pampahid na langis at dugo na nasa ibabaw ng
altar; iwinisik niya ang mga ito kay Aaron, sa kaniyang mga
damit, sa kaniyang mga anak na lalaki, at sa mga damit ng
kaniyang mga anak na lalaki. Sa ganitong paraan inihandog
niya si Aaron at ang kaniyang mga damit, at kaniyang mga
anak na lalaki at ang kanilang mga damit kay Yahweh.
**31** Kaya sinabi ni Moises kay Aaron at sa kaniyang mga
anak na lalaki, “Pakuluan ninyo ang karne sa pasukan ng
tolda ng pagpupulong, at doon kainin ito at ang tinapay na
nasa basket ng pagtatalaga, ayon sa aking ipinag-utos, na
nagsasabing, 'Sina Aaron at ang kaniyang mga anak na

lalaki ang kakain nito. 32 Kung anuman ang matitira sa karne
at sa tinapay dapat mo itong sunugin. 33 At hindidapat kayo
lumabas mula sa pasukan ng tolda ng pagpupulong sa loob
ng pitong araw, hanggang sa matapos ninyo ang mga araw
ng inyong pagtatalaga. Dahil itatalaga kayo ni Yahweh sa
loob ng pitong araw. 34 Kung anuman ang nagawa sa araw
na ito -Si Yahweh ang nag-utos na gawin para pantubos
para sa inyo. 35 Mananatili kayo araw at gabi sa pasukan
ng tolda ng pagtitipon sa loob ng pitong araw at susundin
ang utos ni Yahweh, para hindi kayo mamatay, dahil ito
ang ipinag-utos sa akin. 36 Kaya sinunod ni Aaron at ng
kaniyang mga anak na lalaki ang lahat ng mga bagay na
ipinag-utos ni Yahweh sa kanila sa pamamagitan ni Moises.

9 Sa ikawalong araw tinawag ni Moises si Aaron at kaniyang
mga anak na lalaki at ang mga nakatatanda ng Israel. 2
Sinabi niya kay Aaron, "Kumuha ka ng isang guya mula sa
kawan para sa handog para sa kasalanan, at isang tupang
lalaki na walang dungis para sa handog na susunugin, at
ialay ang mga ito sa harap Yahweh. 3 Dapat makipag-usap
ka sa bayan ng Israel at sabihin, 'Kumuha kayo ng isang
lalaking kambing bilang isang handog para sa kasalanan at
isang guya at isang tupa, parehong isang taong gulang at
walang kapansanan, para sa isang handog na susunugin; 4
kumuha rin ng isang bakang lalaki at isang tupang lalaki
para sa mga handog para sa kapayapaan para ialay sa
harapan ni Yahweh, at isang handog na pagkaing butil na
hinaluan ng langis, dahil sa araw na ito magpapakita sa
inyo si Yahweh.'" 5 Kaya dinala nila ang lahat ng iniutos
ni Moises sa tolda ng pagpupulong, at lumapit ang buong
kapulungan ng Israel at tumayo sa harap ni Yahweh. 6
Pagkatapos sinabi ni Moises, "Ito ang iniutos ni Yahweh
na inyong gawin, para maihayag sa inyo ang kaniyang
kaluwaltian." 7 Sinabi ni Moises kay Aaron, "Lumapit ka sa
altar at ialay ang iyong handog para sa kasalanan at handog
na susunugin, at gumawa ng kabayaran sa kasalanan para
sa iyong sarili at para sa mga tao, at ihandog ang alay para
sa mga tao bilang kabayaran ng kasalanan para sa kanila,
tulad ng iniutos ni Yahweh." 8 Kaya lumapit si Aaron sa altar
at pinatay ang guya bilang handog para sa kasalanan, na
para sa kaniyang sarili. 9 Dinala ng mga lalaking anak ni
Aaron ang dugo sa kaniya, at isinawsaw niya ang kaniyang
daliri dito at inilagay ito sa mga sungay ng altar; pagkatapos
ibinuhos niya ang dugo sa paanan ng altar. 10 Gayunman,
sinunog niya ang taba, ang mga bato, at ang balot ng atay
sa ibabaw ng altar bilang isang handog para sa kasalanan,
tulad ng iniutos ni Yahweh kay Moises. 11 At sinunog niya
ang laman at ang balat sa labas ng kampo. 12 Pinatay ni
Aaron ang handog na susunugin, at ibinigay sa kaniya ng
kaniyang mga anak na lalaki ang dugo, na kaniyang iwinisik
sa bawat gilid ng altar. 13 Pagkatapos ibinigay nila sa kaniya
ang handog na susunugin, piraso bawat piraso, kasama
ang ulo, at sinunog niya ang mga ito sa ibabaw ng altar. 14
Hinugasan niya ang mga panloob na bahagi at ang mga binti
at sinunog ang mga ito sa ibabaw ng handog na susunugin
sa altar. 15 Idinulog ni Aaron ang alay ng mga tao-isang
kambing, pagkatapos kinuha ito bilang alay para sa kanilang
kasalanan at pinatay ito; inialay niya ito para sa kasalanan,
gaya ng kaniyang ginawa sa unang kambing. 16 Idinulog
niya ang handog na susunugin at inihandog ito ayon sa
iniutos ni Yahweh. 17 Idinulog niya ang handog na pagkaing
butil; pinuno niya ang kaniyang kamay nito at sinunog ito
sa ibabaw ng altar, kasama ang pang-umagang handog
na susunugin. 18 Pinatay niya rin ang kapong baka at ang
tupang lalaki, ang alay bilang handog para sa kapayapaan,
na para sa mga tao. Ibinigay ng mga anak na lalaki ni Aaron
ang dugo sa kaniya, na iwinisik niya sa bawat gilid ng altar.
19 Gayunman, ang taba ng toro at ang tupang lalaki, ang
taba ng buntot, ang taba na nakabalot sa mga laman loob,
ang mga bato, at ang balot sa atay— 20 inilagay nila ang
mga ito sa mga dibdib, at pagkatapos sinunog ni Aaron ang
taba sa altar. 21 Itinaas ni Aaron ang mga dibdib at ang
kanang hita bilang isang handog sa harapan ni Yahweh at
idinulog ang mga ito sa kaniya, tulad ng iniutos ni Moises.
22 Pagkatapos itinaas ni Aaron ang kaniyang mga kamay
sa mga tao at pinagpala sila; pagkatapos bumaba siya
mula sa paghahandog ng handog para sa kasalanan, ang
handog na susunugin, at ang handog para sa kapayapaan.
23 Pumasok sina Moises at Aaron sa loob ng tolda ng
pagpupulong, pagkatapos lumabas ulit at pinagpala ang
mga tao, at nagpakita ang kaluwalhatian ni Yahweh sa lahat
ng mga tao. 24 Lumabas ang apoy mula kay Yahweh at
tinupok ang handog na susunugin at ang taba sa altar. Nang
makita ito ng lahat ng mga tao, sumigaw sila at nagpatirapa.

10 Kumuha ng kani-kaniyang insensaryo sina Nadab at
Abihu na mga anak ni Aaron, nilagyan ito ng apoy at
saka insenso. Pagkatapos naghandog sila ng hindi karapat-
dapat na apoy sa harapan ni Yahweh na hindi niya iniutos
sa kanila na ihandog. 2 Kaya lumabas ang apoy mula
sa harapan ni Yahweh at sila ay nilamon at namatay sa
harapan ni Yahweh. 3 Pagkatapos sinabi ni Moises kay
Aaron, "Ito ang tinutukoy ni Yahweh nang sinabi niyang,
'Ihahayag ko ang aking kabanalan sa sinumang lalapit sa
akin. Luluwalhatiin ako sa harapan ng lahat ng mga tao.'"
Walang kahit anong sinabi si Aaron. 4 Tinawag ni Moises
sina Misael at Elzafan na mga anak na lalaki ni Uziel na
tiyuhin ni Aaron at sinabi sa kanilang, "Halikayo rito at
dalhin ang inyong mga kapatid palabas ng kampo mula sa
tabernakulo." 5 Kaya lumapit sila at binuhat sila, na suot pa

rin ang kanilang pang paring tunika, palabas ng kampo ayon
sa iniutos ni Moises. 6 Pagkatapos sinabi ni Moises kay
Aaron at kay Eleazar at kay Itamar na kaniyang mga anak
na lalaki, “Huwag ninyong hayaan ang buhok sa inyong mga
ulo na nakalugay, at huwag punitin ang inyong mga damit,
para hindi kayo mamatay at para hindi mapoot si Yahweh
sa buong kapulungan. Pero hayaan ninyo ang inyong mga
kamag-anak, ang buong bahay ng Israel ang magluksa para
sa mga sinunog ng apoy ni Yahweh. 7 Hindi kayo maaaring
lumabas mula sa pasukan ng tolda ng pagpupulong o kayo
ay mamamatay, dahil ang pambasbas na langis ni Yahweh
ay nasa inyo.” Kaya sumunod sila ayon sa mga iniutos ni
Moises. 8 Nangusap si Yahweh kay Aaron, sinabing, 9
“Huwag uminom ng alak o matapang na inumin, ikaw, ni ang
iyong mga anak na lalaki na natitirang kasama mo, para
kapag pumasok ka sa tolda ng pagpupulong hindi kayo
mamatay. Ito ay permanenteng batas sa buong salinlahi ng
iyong mga mamamayan, 10 para maibukod ang banal sa
pangkaraniwan, at ang marumi sa malinis, 11 para maituro
mo sa mga mamamayan ng Israel ang lahat ng batas na
iniutos ni Yahweh sa pamamagitan ni Moises.” 12 Nakipag-
usap si Moises kay Aaron at kay Eleazar at kay Itamar, na
kaniyang natitirang mga anak na lalaki, “Kunin ang mga
handog na pagkaing butil na natira mula sa mga handog
kay Yahweh na ginawa sa pamamagitan ng apoy, at kainin
ito nang walang pampaalsa sa tabi ng altar, dahil ito ang
pinakabanal. 13 Dapat ninyong kainin ito sa isang banal na
lugar, dahil ito ay bahaging para sa iyo at bahagi ng iyong
mga anak na lalaki sa mga handog para kay Yahweh na
ginawa sa pamamagitan ng apoy, dahil ito ang iniutos sa
akin na sabihin sa inyo. 14 Ang dibdib na itinaas bilang
handog at ang hita na idinulog kay Yahweh—ang mga
ito ay dapat ninyong kainin sa isang malinis na lugar na
katanggap-tanggap sa Diyos. Dapat kainin mo at ng iyong
mga anak na lalaki at mga anak na babae ang mga bahaging
iyon, dahil ibinigay ang mga iyon bilang iyong bahagi at
bahagi ng iyong mga anak na lalaki mula sa mga alay
ng handog sa pagtitipon-tipon ng bayan ng Israel. 15 Ang
hita na isang handog na inialay kay Yahweh at ang dibdib
na bahagi na itinaas bilang isang handog—dapat nilang
dalhin ang mga iyon kasama ng mga handog na taba na
ginawa sa pamamagitan ng apoy, para itaas ang mga ito at
idulog bilang isang handog kay Yahweh. Magiging sa iyo
at sa iyong mga anak na lalaki na kasama mo ang mga
ito bilang isang bahagi magpakailanman ayon sa iniutos ni
Yahweh.” 16 Pagkatapos tinanong ni Moises ang tungkol sa
kambing na handog para sa kasalanan, at nalaman na ito
ay nasunog na. Kaya nagalit siya kina Eleazar at Itamar,
ang mga natitirang anak na lalaki ni Aaron; sinabi niya, 17
“Bakit hindi ninyo kinain ang handog para sa kasalanan
sa lugar ng tabernakulo, yamang ito ang pinakabanal,
at ibinigay ito ni Yahweh para maalis ang kasalanan ng
buong kapulungan, na maging kabayaran para sa kanilang
kasalanan sa kaniyang harapan? 18 Tingnan ninyo, ang
dugo nito ay hindi dinala sa loob ng tabernakulo, kaya dapat
talagang kinain ninyo ito sa lugar ng tabernakulo, ayon sa
iniutos ko.” 19 Pagkatapos sumagot si Aaron kay Moises,
“Tingnan mo, ngayon ginawa nila ang kanilang handog
para sa kasalanan at handog na susunugin sa harapan ni
Yahweh, at ang bagay na ito ay nangyari sa akin ngayon.
Kung kinain ko ang handog para sa kasalanan ngayon,
magiging kaaya-aya ba ito sa paningin ni Yahweh?” 20 Nang
marinig iyon ni Moises, siya ay nasiyahan.

11 Nagsalita si Yahweh kay Moises at kay Aaron,
nagsasabing, 2 “Magsalita kayo sa bayan ng Israel,
sabihin ninyo, ' ito ang mga bagay na buhay na maaari
ninyong kainin sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw
ng lupa. 3 Maaari ninyong kainin ang alinmang hayop na
hati ang kuko at gayundin ang ngumunguya ng pagkain. 4
Gayunman, ang ilang mga hayop maging ang ngumunguya
ng pagkain o may hati ang kuko, hindi ninyo dapat kainin ang
mga ito, mga hayop tulad ng kamelyo, dahil ngumunguya ito
ng pagkain ngunit hindi hati ang kuko. Kaya marumi ang
kamelyo para sa inyo. 5 Gayundin ang liebre na nakatira sa
batuhan: dahil ngumunguya ito ng pagkain ngunit hindi hati
ang kuko, marumi rin ito para sa inyo. 6 At ang kuneho:
dahil ngumunguya ito ng pagkain ngunit hindi hati ang kuko,
marumi ito para sa inyo. 7 At ang baboy kahit hati ang
kuko, hindi ito ngumunguya, kaya marumi ito para sa inyo.
8 Hindi ninyo dapat kainin alinman sa kanilang karne, ni
hawakan ang kanilang patay na katawan. Marumi ang mga
ito para sa inyo. 9 Ang mga hayop na nabubuhay sa tubig
na maaari ninyong kainin ay iyong may mga palikpik at may
mga kaliskis, maging nasa karagatan man o nasa mga ilog.
10 Ngunit lahat ng mga nabubuhay na nilikha na walang mga
palikpik at kaliskis na nasa karagatan o mga ilog, kasama
ang lahat ng mga gumagalaw na nasa tubig at lahat ng mga
nabubuhay na nilikha na nasa tubig—maging kasuklam-
suklam ang mga ito para sa inyo. 11 Dahil ang mga ito ay
dapat kasuklaman, hindi ninyo dapat kainin ang kanilang
laman; gayundin, dapat kasuklaman ang mga patay na
katawan ng mga ito. 12 Anumang mga walang mga palikpik o
mga kaliskis na nasa tubig ay dapat ninyong kasuklaman. 13
Ito ang mga ibong dapat ninyong kasuklaman at hindi dapat
kainin: ang agila, ang buwitre. 14 ang halkon, anumang uri
ng palkon, 15 bawat uri ng uwak, 16 ang kuwagong may
sungay at ang malaking kuwago, ang tagak at ang anumang
uri ng lawin. 17 Dapat din ninyong kasuklaman ang maliit na

kuwago at ang malaking kuwago, ang maninisid-isda, 18 ang
puting kuwago at kuwagong kamalig, ang ibong ospri, 19 ang
tagak, anumang uri ng bakaw, ang ubabila at gayundin ang
paniki. 20 Dapat ninyong kasuklaman ang lahat ng lumilipad
na kulisap na lumalakad gamit ang mga paa. 21 Gayunman
maaari ninyong kainin alinman sa lumilipad na mga kulisap
na lumalakad din gamit ang paa, kung may mga binti sila sa
itaas ang kanilang mga paa, na ginagamit upang tumalon sa
lupa. 22 At maaari rin ninyong kainin ang anumang uri ng
balang, lukton, kuliglig o tipaklong. 23 Ngunit dapat ninyong
kasuklaman ang lahat ng lumilipad na mga kulisap na may
apat na paa. 24 Magiging marumi kayo hanggang sa gabi
kung hahawakan ninyo ang patay na katawan ng isa sa mga
ito. 25 Dapat labhan ang damit ng sinumang pumulot ng isa
sa mga patay na katawan ng mga ito at manatiling marumi
hanggang sa gabi. 26 Marumi para sa inyo ang bawat hayop
na hindi ganap na nahati ang kuko o hindi ngumunguya ng
pagkain. Magiging marumi ang bawat isa na hahawak sa
kanila. 27 Marumi para sa inyo ang anumang naglalakad sa
mga pangamot nito sa lahat ng hayop na lumalakad gamit
ang lahat na apat na paa. Magiging marumi hanggang sa
gabi ang sinumang humawak sa ganoong patay na katawan.
28 Dapat labhan ang kaniyang mga damit at maging marumi
hanggang sa gabi ang sinumang pumulot sa ganoong patay
na katawan. Marumi para sa inyo ang mga hayop na ito.
29 Sa mga hayop na gumagapang sa lupa, ito ang mga
hayop na magiging marumi para sa inyo: ang bubuwit, ang
daga, bawat uri ng malalaking butiki, 30 ang tuko, ang
bayawak, ang butiki, ang bubuli at ang hunyango. 31 Sa
lahat ng mga hayop na gumagapang, ito ang mga hayop na
magiging marumi para sa inyo. Sinumang humawak sa mga
ito kapag namatay, magiging marumi hanggang sa gabi.
32 At kung alinman sa mga ito ang namatay at nahulog sa
anumang bagay, magiging marumi ang bagay na iyon, kahit
gawa ito sa kahoy, tela, balat o telang magaspang. Anuman
ito at anuman ang mga gamit nito, dapat itong ilagay sa
tubig; magiging marumi ito hanggang sa gabi. Pagkatapos
magiging malinis na ito. 33 Sapagka't bawat palayok na
mahulugan ng anumang maruming hayop, magiging marumi
anuman ang nasa palayok, at dapat ninyong wasakin
ang palayok na iyon. 34 Lahat ng malinis na pagkain at
pinahihintulutang kainin, ngunit kung nabuhusan ng tubig
mula sa isang maruming palayok, sa gayon magiging marumi
ito. At anumang bagay na maaaring maiinom mula sa bawat
palayok ay magiging marumi. 35 Magiging marumi ang
lahat ng bagay na mabagsakan ng anumang bahagi ng
patay na katawan ng maruming hayop, kahit isang pugon
ito o mga lutuang palayok. Dapat itong basagin sa pira-
piraso. Marumi ito at dapat maging marumi para sa inyo. 36
Mananatiling malinis ang Isang bukal o hukay kung saan
naiipon ang inuming tubig kung mahulog ang ganoong mga
nilalang dito. Ngunit kung sinumang humawak sa patay
na katawan ng isang maruming hayop sa tubig, magiging
marumi siya. 37 Kung anumang bahagi ng isang maruming
patay na katawan ang nahulog sa mga butong itatanim,
mananatiling malinis ang mga butong iyon. 38 Ngunit kung
nabasa ng tubig ang mga buto at kung anumang bahagi
ng isang maruming patay na katawan ang nahulog doon,
sa gayon magiging marumi ang mga ito para sa inyo. 39
Kung mamamatay ang anumang hayop na maaari ninyong
kainin, sa gayon ay magiging marumi hanggang sa gabi ang
sinumang humawak sa katawan ng patay na hayop. 40 At
kung sinuman ang kumain sa katawan ng patay na hayop
na iyon ay lalabhan niya ang kaniyang damit at magiging
marumi hangggang gabi. At sinumang pumulot sa gayong
patay na hayop ay dapat niyang labhan ang kaniyang
mga damit at magiging marumi hanggang sa gabi. 41 Ang
bawat hayop na gumagapang sa lupa ay kasuklaman ninyo,
hindi ito dapat kainin. 42 Anumang gumagapang gamit ang
kanilang tiyan at anumang lumalakad gamit ang kanilang
apat na paa o anumang may maraming paa—ang lahat
ng mga hayop na gumagapang sa lupa, hindi ninyo dapat
kainin ang mga ito, dahil sila ay kinasusuklaman. 43 Hindi
ninyo dapat gawing marumi ang inyong sarili sa anumang
nabubuhay na mga nilalang na gumapang; hindi ninyo dapat
gawing marumi ang inyong sarili dahil sa kanila, na dapat
kayong gawing marumi sa pamamagitan nila. 44 Dahil ako si
Yahweh na inyong Diyos. Samakatuwid ialay ang inyong
sarili sa akin at magpakabanal dahil ako ay banal. Hindi
ninyo dapat dungisan ang inyong sarili sa anumang uri ng
hayop na gumagalaw sa lupa. 45 Dahil ako si Yahweh, na
naglabas sa inyo mula sa lupain ng Ehipto, para maging
inyong Diyos. Samakatuwid dapat kayong maging banal,
dahil ako ay banal. 46 Ito ang batas tungkol sa mga hayop,
sa mga ibon, bawat nabubuhay na nilalang na gumagalaw
sa mga tubig at ang bawat nilalang na mga gumagapang sa
lupa, 47 kung saan gagawa ng pagkakaiba sa pagitan ng
marumi at ng malinis, at sa pagitan ng nabubuhay na mga
bagay na maaaring kainin at ang nabubuhay na mga bagay
na hindi maaaring kainin”

**12** Sinabi ni Yahweh kay Moises, 2 “Kausapin ang mga tao
ng Israel, sabihin, 'kung nabuntis ang isang babae at
nanganak ng isang batang lalaki, sa gayon siya ay magiging
marumi sa loob ng pitong araw, halos katulad ng siya'y
marumi noong mga araw ng kaniyang buwanang pagdurugo.
3 Sa ikawalong araw dapat tuliin ang laman na natatakpan ng
balat ng isang sanggol na lalaki. 4 Pagkatapos magpapatuloy
ang paglilinis ng ina mula sa kaniyang pagdurugo sa loob

ng tatlumput-tatlong araw. Dapat hindi siya hahawak ng
anumang banal na bagay o pupunta sa loob ng tabernakulo
habang hindi tapos ang mga araw ng kaniyang paglilinis. 5
Ngunit kung manganganak siya ng isang sanggol na babae,
sa gayon magiging marumi siya sa loob ng dalawang linggo,
gaya nang siya ay nasa panahon ng kaniyang pagdurugo.
Pagkatapos magpapatuloy ang paglilinis ng ina sa loob
ng animnaput-anim na araw. 6 Kapag natapos ang mga
araw ng kanyang paglilinis, para sa isang anak na lalaki
o isang anak na babae, dapat siyang magdala ng isang
taong gulang na tupa bilang isang handog na susunugin
at isang batang batu-bato o kalapati bilang isang handog
para sa kasalanan, sa pasukan ng tolda ng pagtitipon, para
sa pari. 7 Pagkatapos ay ihahandog niya ito sa harapan ni
Yahweh at gagawa ng pambayad ng kasalanan para sa
kaniya at malilinis siya mula sa kaniyang pagdurugo. Ito ay
ang batas tungkol sa isang babae na magsisilang sinuman
sa dalawa isang lalaki o isang batang babae. 8 Kung siya ay
walang kakayahang bumili ng isang tupa, kung gayon dapat
siyang kumuha ng dalawang kalapati o dalawang batang
batu-bato, isa bilang isang handog na susunugin at ang iba
bilang isang handog para sa kasalanan, at ang pari gagawa
ng pambayad ng kasalanan para sa kaniya; pagkatapos
magiging malinis siya.'"

**13** Nakipag-usap si Yahweh kay Moises at kay Aaron, na
nagsasabing, 2 "Kung sinuman ang may pamamaga
o galis o maputing batik sa balat ng kanyang katawan,
at naging nakakahawa at may isang sakit sa balat ang
kanyang katawan, sa ganun kailangan siyang dalhin kay
Aaron ang punong pari, o sa isa sa kaniyang mga anak
na lalaking mga pari. 3 Pagkatapos ay susuriin ng pari
ang sakit sa balat ng kanyang katawan. Kung ang buhok
sa bahaging may sakit ay naging puti, at kung ang sakit
ay makikitang malalim kaysa balat lang, sa ganun iyon ay
isang nakakahawang sakit. Pagkatapos siyang suriin ng
pari, kailangan niyang ipahayag na siya ay marumi. 4 Kung
ang maliwanag na batik sa kanyang balat ay puti, at ang
itsura nito ay hindi mas malalim kaysa balat, at kung ang
buhok sa bahaging may sakit ay hindi maging puti, kung
gayon kailangang ilayo ng pari ang may sakit sa loob ng
pitong araw. 5 Sa ikapitong araw, kailangan siyang suriin ng
pari upang makita kung sa palagay niya ay hindi malala
ang sakit, at kung ito ay hindi kumalat sa balat. Kapag wala
siya nito, kung gayon kailangan siyang ilayo ng pari ng
karagdagang pitong araw. 6 Susuriin ulit siya ng pari sa
ikapitong araw upang makita kung ang karamdaman ay
mas bumuti at hindi kumalat ng mas malawak sa balat.
Kapag wala siya nito, kung gayon sasabihin ng pari na siya
ay malinis. Ito ay isang pantal. Kailangan niyang labhan
ang kanyang mga damit, at pagkatapos siya ay malinis na.
7 Pero kung ang pantal ay kumalat sa balat pagkatapos
niyang ipakita ang kanyang sarili sa pari para sa kanyang
paglilinis, kailangan niya muling ipakita ang kanyang sarili sa
pari. 8 Susuriin siya ng pari para makita kung ang pantal ay
kumalat ng mas malawak sa balat. Kung kumalat ito, kung
gayon ay dapat siyang ipahayag ng pari na marumi. Ito ay
isang nakakahawang sakit. 9 Kapag ang nakakahawang
sakit sa balat ay nasa sinuman, kung gayon ay kailangan
siyang dalhin sa pari. 10 Susuriin siya ng pari upang makita
kung may puting pamamaga sa balat, kung ang buhok ay
naging puti, o kung may hilaw na laman sa pamamaga. 11
Kung naroon iyon, sa gayon ito ay isang malubhang sakit sa
balat, at dapat ipahayag ng pari na siya ay marumi. Hindi
na siya ihihiwalay, dahil siya ay marumi na. 12 Kung ang
sakit ay malawak na ang pagkalat sa balat at natatakpan na
ang buong balat ng taong may sakit mula sa kanyang ulo
hanggang sa kanyang paa, hangga't nakikita iyon ng pari,
13 kung gayon kailangang suriin siya ng pari upang makita
kung ang sakit ay bumalot sa buo niyang katawan. Kapag
mayroon nito, kung gayon ay dapat ipahayag ng pari na ang
taong may sakit ay malinis. Kung lahat ng ito ay naging puti,
kung gayon ay malinis siya. 14 Ngunit kung hilaw na laman
ang makita sa kanya, siya ay magiging marumi. 15 Dapat
tingnan ng pari ang hilaw na laman at ipahayag siyang
marumi dahil ang hilaw na laman ay marumi. Iyon ay isang
nakakahawang sakit. 16 Ngunit kung ang hilaw na laman
ay maging puti muli, kung gayon ay dapat pumunta ang
tao sa pari. 17 Susuriin siya ng pari para makita kung ang
laman ay naging puti. Kung nagkagayon ipapahayag ng
pari na ang taong iyon ay malinis. 18 Kung ang tao ay may
pigsa sa balat at gumaling ito, 19 at sa bahagi ng pigsa
ay mayroong puting pamamaga o isang malinaw na batik,
namumulang-puti, kung gayon ay kailangan itong ipakita sa
pari. 20 Susuriin ito ng pari upang makita kung ito ay mas
malalim sa balat, at kung ang buhok doon ay naging puti.
Kung gayon, dapat ipahayag ng pari na siya ay marumi. Ito
ay isang nakakahawang sakit, kapag ito ay namuo sa bahagi
kung nasaan ang pigsa. 21 Ngunit kung sinuri ng pari ito at
makita na walang puting buhok dito, at iyon ay wala sa ilalim
ng balat kundi kumupas na, sa ganun kailangang ihiwalay
siya ng pari sa loob ng pitong araw. 22 Kapag kumalat iyon
sa balat, kung gayon ay dapat siyang ipahayag ng pari na
marumi. Ito ay isang nakakahawang sakit. 23 Ngunit kapag
nanatili ang malinaw na batik sa bahagi nito at hindi kumalat,
kung gayon ito ay peklat ng pigsa, at dapat siyang ipahayag
ng pari na malinis. 24 Kapag ang balat ay may paso at ang
hilaw na laman ng paso ay maging isang namumulang-
puti o puting batik, 25 kung ganun susuriin ito ng pari para

makita kung ang buhok sa batik na iyon ay naging puti, at
kung ito ay nagpapakitang mas malalim kaysa sa balat.
Kapag mayroon nito, sa ganun iyon ay nakakahawang sakit.
Kumalat na ito palabas sa paso, at dapat ipahayag siya ng
pari na marumi. Ito ay isang nakakahawang sakit. **26** Ngunit
kung susuriin iyon ng pari at makitang walang puting buhok
sa batik, at iyon ay wala sa ilalim ng balat ngunit kumupas,
kung gayon ay dapat siyang ihiwalay ng pari sa loob ng
pitong araw. **27** Pagkatapos ay dapat siyang suriin ng pari
sa ikapitong araw. Kung iyon ay kumalat ng malawak sa
balat, kung gayon ay dapat ipahayag ng pari na siya na
siya ay marumi. Ito ay isang nakakahawang sakit. **28** Kung
ang batik ay manatili sa bahaging iyon at hindi kumalat sa
balat ngunit kumupas, kung gayon ito ay isang pamamaga
mula sa paso, at dapat siyang ipahayag ng pari na malinis,
dahil hindi ito mas higit sa peklat ng paso. **29** Kung ang
isang lalaki o babae ay may nakakahawang sakit sa ulo
o baba, **30** kung gayon kailangang suriin ng pari ang tao
para sa isang nakakahawang sakit upang makita kung ito ay
nagmimistulang mas malalim kaysa balat, at kung mayroong
dilaw, manipis na buhok dito. Kung mayroon, kung gayon
kailangan siyang ipahayag ng pari na marumi. Ito ay isang
pangangati, isang nakakahawang sakit sa ulo o sa baba.
**31** Kung ang pari ay susuriin ang pangangating sakit at
makitang wala ito sa ilalim ng balat, at kung walang itim na
buhok doon, kung gayon ang pari ay ihihiwalay ang taong
may pangangating sakit sa loob ng pitong araw. **32** Susuriin
ng pari ang sakit sa ikapitong araw upang makita kung
kumalat ito. Kung walang dilaw na buhok, at kung ang sakit
ay lumilitaw na hanggang balat lang ang lalim, **33** kung gayon
kailangan siyang ahitan, ngunit ang may sakit na bahagi ay
hindi dapat ahitan, at kailangang ihiwalay ng pari ang tao
na may pangangating sakit sa loob ng karagdagang pitong
araw. **34** Susuriin ng pari ang sakit sa ikapitong araw para
makita kung ito ay huminto na sa pagkalat sa balat. Kung ito
ay lumilitaw na hindi mas malalim kaysa balat, kung gayonn
kailangan siyang ipahayag ng pari na malinis. Kailangang
labhan ng tao ang kanyang mga damit, at sa gayon siya ay
magiging malinis. **35** Ngunit kung ang pangangating sakit
ay kumalat ng malawak sa balat pagkatapos na ang pari
ay sabihin na siya ay malinis, **36** kung ganun kailangan
siyang suriin ulit ng pari. Kung ang sakit ay kumalat sa
balat, ang pari ay hindi na kailangang humanap ng dilaw na
buhok. Ang tao ay marumi. **37** Ngunit kung sa tingin ng pari
ang pangangating sakit ay huminto sa pagkalat at maitim
na buhok ay tumubo sa bahagi, kung gayon ang sakit ay
gumaling. Siya ay malinis, at kailangan siyang ipahayag
ng pari na malinis. **38** Kung isang lalaki o isang babae ay
mayroong puting mga batik sa balat, **39** kung gayon ay
dapat suriin ng pari ang tao para makita kung ang mga
batik ay kulay abo, na kung saan isa lamang itong pantal
na kumalat mula sa balat. Siya ay malinis. **40** Kung ang
buhok ng isang lalaki ay nalagas mula sa kanyang ulo, siya
ay kalbo, ngunit siya ay malinis. **41** At kung ang kanyang
buhok ay nalagas mula sa harapang bahagi ng kanyang
ulo, at kung ang kanyang noo ay kalbo, siya ay malinis.
**42** Ngunit kung mayroon isang namumulang-puting sugat
sa kanyang kalbong ulo o noo, ito ay isang nakakahawang
sakit na lumitaw. **43** Kung gayon ay dapat siyang suriin
ng pari para makita kung ang pamamaga ng maysakit na
bahagi sa kanyang kalbong ulo o noo ay namumulang-puti,
kagaya ng itsura ng isang nakakahawang sakit sa balat.
**44** Kapag mayroon nito, kung gayon ay mayroon siyang
nakakahawang sakit at siya ay marumi. Dapat siguraduhin
ng pari na ipahayag na marumi siya dahil sa kanyang sakit sa
kanyang ulo. **45** Ang tao na mayroong nakakahawang sakit
ay kailangang magsuot ng mga punit na damit, ang kanyang
buhok ay kailangang nakalugay, at dapat niyang takpan ang
kanyang mukha hanggang sa kanyang ilong at sumigaw,
'Marumi, marumi.' **46** Sa lahat ng araw na siya ay mayroong
nakakahawang sakit siya ay magiging marumi. Dahil siya ay
marumi na may isang sakit na maaaring makahawa, siya ay
dapat mamuhay ng mag-isa. Dapat siyang mamuhay sa
labas ng kampo. **47** Ang isang kasuotang narumihan ng
amag, maging ito ay lana o linong kasuotan, **48** o anumang
bagay na lana o sinulsing mula sa lana o lino, o balat o
alinmang bagay na gawa sa balat— **49** kung may isang
maberde o namumulang dumi sa kasuotan, ang balat, ang
hinabi o sinulsing bagay, o anumang bagay na gawa sa
balat, kung ganun ito ay isang amag na kumalat; dapat itong
ipakita sa pari. **50** Dapat suriin ng pari ang bagay para sa
amag; dapat niyang ihiwalay ang anuman na mayroong
amag sa loob ng pitong araw. **51** Dapat niya muling suriin
ang amag sa ikapitong araw. Kapag ito ay kumalat sa
kasuotan o anumang hinabi o sinulsing gawa sa lana o
linong bagay, o balat o alinmang bagay na kung saan balat
ang ginagamit, kung gayon ito ay mapanganib na amag,
at ang bagay ay marumi. **52** Dapat niyang sunugin ang
kasuotan, o anumang bagay na hinabi o sinulsi mula sa
lana o linong bagay, o balat o alinmang bagay na gawa sa
balat, anuman na kung saan ang mapanganib na amag
ay makita, dahil ito ay magdadala ng sakit. Ang bagay ay
dapat lubusang sunugin. **53** Kung sinuri ng pari ang bagay at
makita na ang amag ay hindi kumalat sa kasuotan o bagay
na hinabi o sinulsi mula sa lana o lino, o balat na mga bagay,
**54** kung gayon iuutos niya sa kanila na labahan ang bagay
kung saan nakita ang amag, at dapat niya itong ihiwalay
sa loob ng karagdagang pitong araw. **55** Pagkatapos ay

susuriin ng pari ang bagay na inamag pagkatapos itong
malabhan. Kung ang amag ay hindi nagbago ng kulay,
kahit na hindi ito kumalat, ito ay marumi. Dapat mong
sunugin ang bagay, maging saan ito nahawaan ng amag.
56 Kung sinuri ng pari ang bagay, at kung ang amag ay
kumupas pagkatapos itong malabhan, kung gayon dapat
niyang punitin ang nahawahang bahagi mula sa kasuotan
o mula sa balat, o mula sa hinabi o sinulsing bagay. 57
Kapag ang amag ay makita parin sa kasuotan, sa hinabi
man o sa sinulsing bagay, o sa kahit anong bagay na balat,
kumakalat ito. Dapat mong sunugin ang anumang bagay na
mayroong amag. 58 Ang kasuotan o anumang bagay na
hinabi o sinulsing mula sa lana o linong bagay, o balat o
anumang bagay na gawa sa balat—kung lalabhan mo ang
bagay at ang amag ay mawala, kung gayon ang bagay ay
kailangang malabhan sa ikalawang pagkakataon, at ito ay
magiging malinis. 59 Ito ang batas tungkol sa amag sa isang
kasuotan ng lana o lino, o anumang hinabi o sinulsing mula
sa lana o linong bagay, o balat o anumang gawa sa balat,
para maaari ninyong ipahayag na ito ay malinis o marumi."

**14** Nakipag-usap si Yahweh kay Moises, nagsasabing,
2 "Ito ang magiging batas para sa may sakit na tao sa
araw ng kanyang paglilinis. Dapat siyang dalhin sa pari.
3 Lalabas ang pari sa kampo para suriin ang isang tao
para makita kung ang nakakahawang sakit sa balat ay
gumaling. 4 Pagkatapos ay iuutos ng pari sa taong lilinisin
na dapat kumuha ng dalawang buhay na ibon, kahoy na
cedar, matingkad na pulang sinulid, at isopo. 5 Uutusan
siya ng pari na patayin ang isa sa mga ibon sa ibabaw
ng tubig-tabang na nasa isang palayok. 6 Pagkatapos ay
kukunin ng pari ang buhay na ibon at ang kahoy na cedar, at
ang matingkad na pulang sinulid at ang isopo, at kanyang
isasawsaw ang lahat ng mga bagay na ito, kasama ang
buhay na ibon, sa dugo ng ibon na pinatay sa ibabaw ng
tubig-tabang. 7 Pagkatapos ay iwiwisik ng pari ang tubig
na ito nang pitong beses sa taong lilinisin mula sa sakit, at
pagkatapos ay ihahayag ng pari na siya ay maging malinis.
Pagkatapos ay pakakawalan ng pari ang buhay na ibon sa
mga lantad na kabukiran. 8 Ang taong nilinis ay lalabhan
ang kanyang mga damit, aahitin lahat ng kanyang buhok,
at paliliguan ang kanyang sarili sa tubig, at pagkatapos
siya ay magiging malinis. Pagkatapos ay kailangan niyang
pumasaok sa loob ng kampo, pero siya ay titira sa labas ng
kanyang tolda sa loob ng pitong araw. 9 Sa ikapitong araw
kailangan niya ring ahitin ang kanyang balbas at mga kilay.
Kailangan niyang ahitan ang lahat ng kanyang buhok, at
kailangan niyang labhan ang kanyang mga damit at paliguan
ang kanyang sarili sa tubig; sa gayon magiging malinis siya.
10 Sa ikawalong araw dapat siyang kumuha ng dalawang
lalaking tupa na walang kapintasan, isang babaeng tupa
na isang taon na walang kapintasan at tatlong ikasampung
bahagi ng isang epa ng pinong harina na hinaluan ng langis
bilang isang handog na pagkaing butil, at isang sisidlan na
may langis. 11 Ang pari na naglinis sa kanya ay patatayuin
ang taong lilinisin, kasama ng mga bagay na iyon, sa harap
ni Yahweh sa pasukan ng tolda ng pagpupulong. 12 Kukunin
ng pari ang isa sa mga lalaking tupa at iaalay ito bilang
isang paghahandog sa pagkakasala, kasama ang lalagyan
na may langis; itataas niya ang mga ito bilang isang handog
sa harap ni Yahweh at iaalay ang mga ito sa kanya. 13
Dapat niyang patayin ang lalaking tupa sa lugar na kung
saan nila pinatay ang handog para sa kasalanan at ang mga
handog na susunugin, sa lugar ng tabernakulo, sapagkat
ang handog para sa kasalanan ay pag-aari ng pari, pati na
ang handog para sa kasalanan, dahil ito ay pinakabanal. 14
Kukuha ang pari ng kaunting dugo sa alay ng pagkakasala
at ilalagay ito sa dulo ng kanang tainga ng taong lilinisin, sa
hinlalaki ng kanyang kanang kamay, at sa malaking daliri ng
kanyang kanang paa. 15 Pagkatapos ay kukuha ang pari ng
langis mula sa sisidlan na may langis at ibubuhos ito sa
palad ng kanyang kaliwang kamay, 16 at isasawsaw ang
kanyang kanang daliri sa langis na nasa kanyang kaliwang
kamay, at iwiwisik ang kaunting langis gamit ang kanyang
daliri ng pitong ulit sa harap ni Yahweh. 17 Ilalagay ng pari
ang natitirang mga langis sa kanyang kamay sa dulo ng
kanang tainga ng taong lilinisin, sa hinlalaki ng kanyang
kanang kamay, at sa malaking daliri ng kanyang kanang
paa. Kailangan niyang ilagay ang langis na ito sa ibabaw ng
dugo na mula sa handog na pambayad ng kasalanan. 18 At
sa natitirang langis na nasa kamay ng pari, ilalagay niya ito
sa ulo ng tao na lilinisin, at gagawa ang pari ng pambayad
kasalanan sa kanya sa harap ni Yahweh. 19 Pagkatapos
ihahandog ng pari ang handog para sa kasalanan at gagawa
ng pambayad kasalanan para sa kanya na lilinisin dahil
sa kanyang karumihan, at pagkatapos papatayin niya ang
handog na susunugin. 20 Pagkatapos ihahandog ng pari
ang handog na susunugin at ang handog na pagkaing butil
sa altar. Gagawa ang pari ng pambayad kasalanan para sa
tao, at pagkatapos magiging malinis siya. 21 Gayunman,
kung ang tao ay mahirap at walang kakayahang makakuha
ng mga alay na ito, maaari siyang kumuha ng isang lalaking
tupa bilang isang alay sa pagkakasala para itataas at iaalay
kay Yahweh upang gawing kabayaran sa kanyang sarili, at
isang ikasampung bahagi ng isang epa ng pinong harina na
hinaluan ng langis bilang isang handog na pagkaing butil,
at isang sisidlan na may langis, 22 kasama ng dalawang
kalapati, at dalawang mga batang kalapati, na kaya niyang
kunin; ang isang ibon ay maging isang handog para sa

kasalanan at ang isa ay isang handog ng susunugin. **23**
Sa ikawalong araw kailangan niyang dalhin ang mga ito
para sa kanyang paglilinis sa pari, sa pasukan ng tolda ng
pagpupulong, sa harap ni Yahweh. **24** Pagkatapos kukunin
ng pari ang tupa para sa pag-aalay ng pagkakasala at
sisidlan na may langis, at itataas niya ang mga ito bilang
isang handog kay Yahweh at iaalay ang mga ito sa kanya.
**25** Papatayin niya ang tupa para sa handog na pambayad
ng kasalanan, at kukuha siya ng kaunting dugo sa pag-
aalay ng pagkakasala at ilalagay ito sa dulo ng kanang
tainga ng isang lilinisin, sa hinlalaki ng kanyang kanang
kamay, at sa malaking daliri ng kanyang kanang paa. **26**
Pagkatapos magbubuhos ang pari ng kaunting langis sa
palad ng kanyang kaliwang kamay, **27** at kanyang iwiwisik
gamit ang kanyang kanang kamay ang kaunting langis na
nasa kanyang kaliwang kamay ng pitong beses sa harap ni
Yahweh. **28** Pagkatapos maglalagay ang pari ng kaunting
langis na nasa kanyang kamay doon sa dulo ng tainga
ng isang lilinisin, sa hinlalaki ng kanyang kanang kamay,
at sa malaking daliri ng kanyang kanang paa, parehong
mga lugar kung saan niya inilagay ang dugo ng alay ng
pagkakasala. **29** Ilalagay niya ang natitirang langis na nasa
kanyang kamay sa ulo ng taong lilinisin, para gumawa ng
pambayad kasalanan para sa kanya sa harapan ni Yahweh.
**30** Dapat niyang ihandog ang isa sa mga kalapati o mga
batu-bato, na nakayang kunin ng tao— **31** isa bilang isang
handog para sa kasalanan at ang isa ay bilang isang handog
na pambayad ng kasalanan, kasama ng handog na pagkaing
butil. Pagkatapos gagawa ng pambayad kasalanan ang pari
para sa isang lilinisin sa harap ni Yahweh. **32** Ito ang batas
para sa isang tao na kung saan ay mayroong nakakahawang
sakit sa balat, siyang hindi makayanan ang mga pamantayan
sa paghahandog para sa kanyang paglilinis." **33** Nakipag-
usap si Yahweh kay Moises at kay Aaron, nagsasabing,
**34** "Nang nagpunta kayo sa lupain ng Canaan kung saan
ibinigay ko sa inyo bilang isang pag-aari, at kung maglalagay
ako ng amag na kakalat sa isang bahay sa lupain ng inyong
pag-aari, **35** sa gayon ang nagmamay-ari ng bahay ay
kailangang pumunta at sabihin sa pari. Dapat niyang sabihin,
'Tila mayroon isang bagay na katulad ng amag sa aking
bahay.' **36** Sa gayon ay iuutos ng pari na lisanin nila ang
bahay bago siya pumasok upang makita ang katunayan
ng amag, upang walang anumang bagay sa bahay ang
magiging marumi. Pagkatapos kailangan pumasok ng pari
upang makita ang bahay. **37** Kailangan niyang suriin ang
amag upang makita kung ito ay nasa mga pader ng bahay, at
upang makita kung ito ay lumalabas na maberde o mamula-
mula sa mga lubak sa mga ibabaw ng pader. **38** Kung
ang bahay ay mayroong amag, lalabas ng bahay ang pari
at sasarhan ang pinto ng bahay sa loob ng pitong araw.
**39** Pagkatapos babalik uli ang pari sa ikapitong araw at
susuriin ito para makita kung kumalat ang amag sa mga
dingding ng bahay. **40** Kung mayroon ito, iuutos ng pari na
tatanggalin nila ang mga bato na kung saan nakita ang
amag at itapon ang mga ito sa isang maruming lugar sa
labas ng lungsod. **41** Iuutos niya na dapat kukuskusin lahat
ng mga dingding na nasa loob ng bahay, at kailangan nilang
kunin ang nahawaang gamit na kinuskos palabas ng lungsod
at itambak ito sa maruming lugar. **42** Kailangan nilang kunin
ang ibang mga bato at ilagay ang mga ito sa lugar ng mga
bato na tinanggal, at dapat silang gumamit ng bagong luad
upang tapalan ang bahay. **43** Kung bumalik ulit ang amag at
kumalat sa bahay na kung saan tinanggal ang mga bato at
kinuskos ang mga dingding at pagkatapos muling tinapalan,
**44** kung gayon ang pari ay kailangan pumasok at suriin ang
bahay upang makita kung ang amag ay kumalat sa bahay.
Kung mayroon ito, kung gayon ito ay mapaminsalang amag,
at ang bahay ay marumi. **45** Dapat gibain ang bahay. Ang
mga bato, troso, at lahat ng mga panapal ng bahay ay
kailangan dalhin palabas ng lungsod papunta sa maruming
lugar. **46** Bilang karagdagan, sinumang pupunta sa bahay sa
panahong sinarhan ito ay magiging marumi hanggang gabi.
**47** Sinuman ang matutulog sa bahay ay kailangan niyang
labhan ang kanyang mga damit, ang sinuman ang kumain
sa bahay ay kailangan niyang labhan ang kanyang mga
damit. **48** Kung papasok ang pari sa bahay upang suriin ito
para makita kung ang amag ay kumalat sa bahay matapos
tapalan ang bahay, pagkatapos, kung ang amag ay nawala,
ihahayag niya na ang bahay ay malinis. **49** Pagkatapos
ang pari ay dapat kumuha ng dalawang ibon upang linisan
ang bahay, at kahoy na cedar, at matingkad na pulang
sinulid, at isopo. **50** Papatayin niya ang isa sa mga ibon
sa ibabaw ng tubig-tabang sa isang palayok. **51** Kukunin
niya ang kahoy na cedar, ang hisopo, ang matingkad na
pulang sinulid, at ang buhay na ibon, at isasawsaw ang mga
ito sa dugo ng pinatay na ibon, patungo sa tubig-tabang,
at wiwisikan ang bahay ng pitong beses. **52** Lilinisin niya
ang bahay sa pamamagitan ng dugo ng ibon at ng tubig-
tabang, kasama ng buhay na ibon, kahoy na cedar, ang
isopo, at ang matingkad na pulang sinulid. **53** Pero hahayaan
niya ang buhay na ibon na lumabas ng lungsod papunta
sa mga lantad na bukirin. Sa ganitong paraan kailangan
niyang gumawa ng pambayad kasalanan para sa bahay, at
ito ay magiging malinis. **54** Ito ang batas sa lahat ng uri ng
nakakahawang sakit sa balat at mga bagay na nagdudulot
ng ganoong sakit, at para sa isang pangangati, **55** at para
sa amag sa damit at sa loob ng isang bahay, **56** para sa
pamamaga, para sa isang pantal, at para sa isang makintab

na batik, 57 upang malaman kapag alin man sa mga ito ay
marumi o kapag ito ay malinis. Ito ang batas para sa mga
nakakahawang sakit sa balat at amag."

15 Kinausap ni Yahweh sina Moises at Aaron, sinabing,
2 "Kausapin ang mga mamamayan ng Israel, at sabihin
sa kanila, 'Kapag sinumang lalaki na nagkaroon ng isang
likidong may impeksyon na lumabas sa kaniyang katawan,
siya ay nagiging marumi. 3 Ang kaniyang karumihan ay dahil
sa likidong mayroong impeksyon na ito. Kahit ang kaniyang
katawan ay dinadaluyan ng likido, o tumigil na, ito ay marumi.
4 Bawat higaan na kaniyang hinigaan ay magiging marumi,
at lahat ng bagay na kaniyang inupuan ay magiging marumi.
5 Sinuman ang humawak sa kaniyang higaan ay dapat
niyang labhan ang kaniyang mga damit at paliguan ang
kaniyang sarili ng tubig, at maging marumi hanggang gabi. 6
Sinuman ang umupo sa anumang bagay na inuupuan ng
lalaking dinadaluyan ng likidong mayroong impeksyon, dapat
labhan ng taong iyon ang kaniyang mga damit at paliguan
ang kaniyang sarili ng tubig, at siya ay magiging marumi
hanggang gabi. 7 At sinumang humawak sa katawan ng
isang may tumutulong likidong may impeksyon ay dapat
niyang labhan ang kaniyang mga damit at paliguan ang
kaniyang sarili ng tubig, at maging marumi hanggang gabi. 8
Kapag ang taong mayroong tumutulong likido ay dumura
sa sinumang malinis, kung gayon dapat labhan ng taong
iyon ang kaniyang mga damit at paliguan ang kaniyang
sarili ng tubig, at siya ay magiging marumi hanggang
gabi. 9 Alinmang upuan sa likod ng kabayo na sinakyan
ng mayroong isang daloy ay magiging marumi. 10 Ang
sinumang humawak sa anumang bagay na napasailalim ng
taong iyon ay magiging marumi hanggang gabi, at sinumang
magdala ng mga bagay na iyon ay dapat niyang labhan
ang kaniyang mga damit at paliguan ang kaniyang sarili
ng tubig; siya ay magiging marumi hanggang gabi. 11 Ang
sinuman na nagkaroon ng ganoong tulo ay humawak na
hindi muna niya hinugasan ang kaniyang mga kamay ng
tubig, dapat labahan ng taong hinawakan ang kaniyang mga
damit at paliguan ang kaniyang sarili ng tubig at siya ay
magiging marumi hanggang gabi. 12 Anumang palayok na
luad na hinawakan ng may tulo na likido ay dapat basagin,
at dapat hugasan ng tubig ang bawat sisidlang kahoy. 13
Kapag siya na nagkatulo ay nilinis na mula sa kaniyang
tulo, kung gayon ay dapat siyang bumilang ng pitong araw
para sa kaniyang paglilinis; pagkatapos dapat niyang labhan
ang kaniyang mga damit at paliguan ang kaniyang sarili ng
umaagos na tubig. Pagkatapos siya ay magiging malinis.
14 Sa ikawalong araw dapat siyang kumuha ng dalawang
kalapati o dalawang batu-batoi at dapat siyang pumunta
kay Yahweh sa pasukan ng tolda ng pagpupulong; doon
ay dapat niyang ibigay ang mga ibon sa pari. 15 Dapat
ihandog ng pari ang mga ito, ang isa bilang handog para
sa kasalanan at ang isa bilang handog na susunugin, at
ang pari ang dapat gumawa ng pambayad ng kasalanan sa
harap ni Yahweh para sa kanyang tulo. 16 Kung ang similya
ng sinumang lalaki ay kusang lumabas mula sa kaniya,
sa gayon ay dapat niyang paliguan ang kaniyang buong
katawan sa tubig; siya ay magiging marumi hanggang gabi.
17 Dapat malabhan ng tubig ang bawat kasuotan o balat ng
hayop na nagkaroon ng similya; ito ay magiging marumi
hanggang gabi. 18 At kapag ang isang babae at isang
lalaki ay nagsiping at nagkaroon ng paglilipat ng similya sa
babae, dapat paliguan nila pareho ang kanilang mga sarili
ng tubig; sila ay magiging marumi hanggang gabi. 19 Kapag
dinudugo ang isang babae, magpapatuloy ang kaniyang
karumihan ng pitong araw, at sinumang gumalaw sa kaniya
ay magiging marumi hanggang gabi. 20 Bawat bagay na
kaniyang hinigaan sa loob ng kaniyang kabuwanang dalaw
ay magiging marumi; lahat ng bagay na kaniyang inupuan ay
magiging marumi din. 21 Sinumang humawak ng kaniyang
higaan ay dapat labhan ang kaniyang mga damit at paliguan
ang kaniyang sarili sa tubig; magiging marumi hanggang
gabi ang taong iyon. 22 Sinumang makahawak sa anumang
bagay na kanyang inupuan ay dapat niyang labhan ang
kaniyang mga damit at paliguan ang kaniyang sarili ng tubig;
ang taong iyon ay magiging marumi hanggang gabi. 23 Kahit
ito ay sa higaan o sa alinmang bagay na kaniyang inupuan,
kung hawakan niya ito, ang taong iyon ay magiging marumi
hanggang gabi. 24 Kung sinumang lalaki ang sumiping sa
kanya, at kung ang kaniyang maruming daloy ay mapasayad
sa kaniya, magiging marumi siya ng pitong araw. Bawat
higaan na kaniyang hinigaan ay magiging marumi. 25 Kung
ang isang babae ay nagkaroon ng pagdurugo ng maraming
araw na hindi sa panahon ng kaniyang kabuwanang dalaw,
o kapag siya ay mayroong siyang pagdurugo na lagpas
pa sa kaniyang kabuwanang dalaw, sa panahon ng mga
araw ng pag-agos ng kaniyang karumihan, siya ay parang
nasa panahon ng kaniyang kabuwanang dalaw. Siya ay
marumi. 26 Ang bawat higaan na kaniyang hinigaan sa
panahon ng kaniyang pagdurugo ay magiging kagaya ng
higaan na kaniyang hinigaan sa panahon ng kaniyang
kabuwanang dalaw para sa kaniya, at bawat bagay na
kaniyang inupuan ay magiging marumi, tulad ng karumihan
ng kaniyang kabuwanang dalaw. 27 At sinumang gumalaw
ng alinmang mga bagay na iyon ay magiging marumi;
dapat niyang labhan ang kaniyang mga damit at paliguan
ang kaniyang sarili ng tubig, at siya ay magiging marumi
hanggang gabi. 28 Pero kung siya ay nalinisan mula sa
kaniyang pagdurugo, kung gayon siya ay magbilang ng

pitong araw at pagkatapos nito siya ay magiging malinis. 29
Sa ikawalong araw ay kukuha siya ng dalawang kalapati
o dalawang batu-bato at dadalhin ang mga ito sa pari sa
pasukan ng tolda ng pagpupulong. 30 Iaalay ng pari ang
isang ibon bilang handog para sa kasalanan at ang isa bilang
handog na susunugin, at siya ay gagawa ng pambayad
para sa kanyang kasalanan sa harap ni Yahweh para sa
maruming pag-agos ng dugo. 31 Ganito dapat kung paano
ninyo ihiwalay ang mga taong Israelita mula sa kanilang
karumihan, nang sa gayon ay hindi sila mamatay sanhi ng
kanilang karumihan, sa pamamagitan ng pagdungis ng aking
tabernakulo, kung saan ako nanirahan sa piling nila. 32 Ito
ang mga alituntunin para sa sinumang mayroong tulo ng
likido, para sa sinumang lalaki na nilalabasan ng kanyang
similya at nagdulot sa kanyang maging marumi, 33 para sa
sinumang babaeng mayroong kabuwanang dalaw, para sa
sinumang nilalabasan ng likido, kahit pa lalaki o babae, at
para sa sinumang lalaki na sumiping sa maruming babae.'"

**16** Nakipagusap si Yahweh kay Moises—pagkatapos ito
ng kamatayan ng dalawang anak na lalaki ni Aaron,
kung saan lumapit sila kay Yahweh at namatay. 2 Sinabi ni
Yahweh kay Moises, "Kausapin mo si Aaron na iyong kapatid
at sabihin na huwag siyang pumunta kahit anong oras
patungo sa loob ng pinakabanal na lugar sa loob ng kurtina,
sa harapan ng takip na luklukan ng awa na nasa kaban.
Kapag ginawa niya, mamamatay siya, sapagkat magpapakita
ako sa ulap sa ibabaw ng takip ng luklukan ng awa. 3 Kaya
ganito dapat pumunta si Aaron sa loob ng pinakabanal na
lugar. Dapat siyang pumasok na may isang batang toro
bilang isang handog para sa kasalanan at isang lalaking tupa
bilang isang handog na susunugin. 4 Dapat siyang magsuot
ng banal na linong tunika, at dapat siyang magsuot ng linong
mga damit pangloob sa kanyang sarili, at dapat siyang
magsuot ng linong sintas sa baywang at linong turbante. Ito
ay mga banal na damit. Dapat niyang paliguan ang kanyang
katawan sa tubig at damitan ang kanyang sarili ng mga
damit na ito. 5 Dapat siyang kumuha mula sa kapulungan ng
mga tao ng Israel ng dalawang lalaking kambing bilang isang
handog para sa kasalanan at isang lalaking tupa bilang
isang handog na susunugin. 6 Sa gayon ay dapat ipakita
ni Aaron ang toro bilang handog para sa kasalanan, kung
saan maging para sa kanya, sa pambayad ng kasalanan
para sa kanya at sa kaniyang pamilya. 7 Pagkatapos ay
dapat niyang kunin ang dalawang kambing at ilagay sila sa
harapan ni Yahweh sa pasukan ng tolda ng pagpupulong. 8
Pagkatapos ay dapat magpalabunutan si Aaron para sa
dalawang kambing, ang isang mabubunot para kay Yahweh,
at ang ibang mabubunot ay para sa hantungan ng sisi. 9
Dapat iharap ni Aaron ang kambing kung saan nahulog ang
palabunutan para kay Yahweh, at ihandog ang kambing
bilang isang handog para sa kasalanan. 10 Subalit ang
kambing na kung saan tumapat ang palabunutan ay dapat
dalhing buhay kay Yahweh, upang gawing pambayad sa
kasalanan sa pamamagitan ng pagpapadala nito palayo
bilang isang hantungan ng sisi patungong ilang. 11 Kung
ganoon dapat iharap ni Aaron ang toro para sa handog para
sa kasalanan, na kung alin ay magiging para sa kanyang
sarili. Dapat siyang gumawa ng pambayad sa kasalanan
para sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya, kung gayon
dapat niyang patayin ang toro bilang isang handog para
sa kasalanan para sa kanyang sarili. 12 Dapat kumuha si
Aaron ng isang sensaryo na puno ng mga uling na may apoy
mula sa altar sa harapan ni Yahweh, na puno ng giniling na
pinong-pinong mabangong insenso ang mga kamay niya,
at dadalhin ang mga bagay na ito sa loob ng kurtina. 13
Dapat niyang ilagay doon ang insenso sa ibabaw ng apoy sa
harapan ni Yahweh upang maaaring tumakip ang ulap mula
sa insenso sa luklukan ng awa sa ibabaw ng tipan ng mga
batas. Dapat niya itong gawin upang hindi siya mamatay. 14
Pagkatapos dapat siyang kumuha ng konting dugo ng toro
at iwisik ito gamit ang kanyang daliri sa harapan ng takip
ng luklukan ng awa. Dapat niyang iwisik ang konting dugo
gamit ang kanyang daliri ng pitong beses sa harapan ng
takip ng luklukan ng awa. 15 Pagkatapos ay dapat niyang
patayin ang kambing para sa handog para sa kasalanan
na para sa mga tao at dalhin ang dugo nito sa loob ng
kurtina. Doon dapat niyang gawin sa dugo katulad ng ginawa
niya sa dugo ng toro: dapat niya itong iwisik sa takip ng
luklukan ng awa at sa harapan ng takip ng luklukan ng awa.
16 Dapat gumawa siya ng pambayad kasalanan para sa
banal na lugar dahil sa maruming mga gawain ng mga tao
ng Israel, at dahil sa kanilang paghihimagsik at lahat ng
kanilang mga kasalanan. Dapat din niyang gawin ito para sa
tolda ng pagpupulong, kung saan namumuhay si Yahweh sa
kanilang kalagitnaan, sa harap ng kanilang maruruming mga
gawain. 17 Walang sinuman ang dapat nasa loob ng tolda
ng pagpupulong kapag papasok si Aaron upang gumawa ng
pambayad kasalanan sa pinakabanal na lugar, at hanggang
sa lumabas siya at matapos ang paggawa ng pambayad
kasalanan sa kaniyang sarili at sa kaniyang pamilya, at
para sa lahat ng kapulungan ng Israel. 18 Dapat siyang
lumabas sa altar na nasa harapan ni Yahweh at gawin ang
pambayad kasalanan para dito, at dapat siyang kumuha
ng kaunting dugo ng toro at kaunting dugo ng kambing at
ilagay ito sa mga sungay ng altar sa lahat ng palibot. 19
Dapat niyang wisikan ng kaunting dugo ang ibabaw nito
gamit ang kanyang daliri ng pitong beses upang malinisan
ito at maialay ito kay Yahweh, palayo mula sa maruming

mga gawain ng mga tao ng Israel. 20 Kapag natapos na
niya ang pagbabayad kasalanan para sa pinakabanal na
lugar, ang tolda ng pagpupulong, ang altar, dapat niyang
ipakita ang buhay na kambing. 21 Kailangang ipatong ni
Aaron ang kaniyang dalawang kamay sa ulo ng buhay na
kambing at ipagtapat sa kaniya ang lahat ng kasamaan
ng mga tao sa Israel, lahat ng kanilang paghihimagsik, at
lahat ng kanilang mga kasalanan. Pagkatapos ay dapat
niyang ilagay ang pagkakasalang iyon sa ulo ng kambing
at ipadala ang kambing sa pangangalaga ng isang tao na
handang akayin ang kambing sa ilang. 22 Dapat dalhing
mag-isa ng kambing ang kasalanan ng mga tao patungo
sa isang liblib na lugar. Doon sa ilang, dapat pakawalan
ng tao ang kambing. 23 Pagkatapos ay dapat bumalik si
Aaron sa tolda ng pagpupulong at hubarin ang linong mga
damit na kanyang isinuot bago pumunta sa pinaka banal na
lugar, at kailangan niyang iwanan ang mga damit na iyon
doon. 24 Kailangan niyang paliguan ang kanyang katawan
sa tubig sa isang banal na lugar, at magbihis ng kanyang
pangkaraniwang kasuotan; pagkatapos ay kailangan niyang
lumabas at ialay ang kanyang handog na susunugin at ang
handog na susunugin para sa mga tao, at sa ganitong paraan
ay makagawa ng pambayad kasalanan sa kanyang sarili
at para sa mga tao. 25 Dapat niyang sunugin ang taba ng
handog ng kasalanan sa altar. 26 Ang lalaking nagpalaya sa
kambing na pakakawalan ay kailangang labhan ang kanyang
mga damit at paliguan ang kanyang katawan sa tubig;
pagkatapos niyon, maaari na siyang bumalik sa kampo. 27
Ang toro para sa handog sa kasalanan at ang kambing para
sa handog ng kasalanan, na ang dugo nito ay dinala sa
loob para gawing pambayad kasalanan sa banal na lugar,
ay dapat dalhin sa labas ng kampo. Doon kailangan nilang
sunugin ang kanilang mga balat, laman, at dumi nito. 28
Kailangang labhan ng taong nagsunog ng mga bahaging iyon
ang kanyang mga damit at paliguan ang kanyang katawan
sa tubig; pagkatapos niyon; maaari na siyang bumalik sa
kampo. 29 Palaging magiging isang tuntunin ito para sa inyo
na sa ikapitong buwan, sa ikasampung araw ng buwan,
dapat niyong magpakumbaba at walang gagawing trabaho,
maski isang katutubo o isang dayuhan na namumuhay sa
inyo. 30 Dahil ang araw na ito ang pambayad kasalanan na
gagawin para sa inyo, para kayo ay malinisan mula sa lahat
ng inyong mga kasalanan nang sa gayon kayo ay maging
malinis sa harapan ni Yahweh. 31 Ito ay isang dakilang
Araw ng Pamamahinga para sa inyo, at kailangan ninyong
magpakumbaba sa inyong mga sarili at walang gagawing
trabaho. Ito ay palaging magiging isang tuntunin sa inyo. 32
Ang punong pari, ang isang papahiran at itatalagang maging
punong pari sa lugar ng kanyang ama, ay kailangang gawin
ang pambayad kasalanan nito at isusuot ang linong mga
damit, iyon ay, ang banal na mga damit. 33 Kailangan niyang
gumawa ng pambayad kasalanan para sa pinaka banal na
lugar; kailangan niyang gumawa ng pambayad kasalanan
para sa tolda ng pagpupulong at para sa altar, at kailangan
niyang gumawa ng pambayad kasalanan para sa mga pari
at para sa lahat ng mga tao ng kapulungan. 34 Ito ay
palaging magiging isang tuntunin para sa inyo, para gawing
pambayad kasalanan para sa mga tao ng Israel ng dahil sa
lahat ng kanilang mga kasalanan, isang beses sa bawat
taon." At ginawa ito gaya ng utos ni Yahweh kay Moises.

**17** Kinausap ni Yahweh si Moises, sinabing, 2 Makipag
usap kay Aaron at kanyang mga anak na lalaki, at sa
lahat ng mamamayan ng Israel. Sabihin sa kanila kung ano
ang inutos ni Yahweh: 3 'Ang sinumang tao na mula sa
Israel na pumatay ng isang lalaking baka, tupa, o kambing
sa loob ng kampo, o sa labas ng kampo, upang ialay
ito— 4 kung hindi niya ito dadalhin sa pasukan ng tolda
ng pagpupulong upang ihandog bilang isang alay para kay
Yahweh sa harap ng kanyang tabernakulo, ang taong iyon
ay nagkasala na sa pagdanak ng dugo. Pinadanak niya ang
dugo, at dapat ng itiwalag ang taong iyon mula sa kanyang
bayan. 5 Ang layunin ng kautusang ito ay upang dalhin ng
mga mamamayan ng Israel ang kanilang mga alay para
kay Yahweh sa pasukan ng tolda ng pagpupulong, upang
ialay ng pari bilang handog ng pagtitipon-tipon para kay
Yahweh, sa halip na mag handog ng mga alay sa isang
lantad na bukid. 6 Isasaboy ng pari ang dugo sa altar ni
Yahweh sa pasukan ng tolda ng pagpupulong; susunugin
niya ang taba nito para makagawa ng isang mahalimuyak
na amoy para kay Yahweh. 7 Hindi na dapat maghandog
ang mga tao ng kanilang mga alay sa kambing na mga
diosdiosan, kung saan kumikilos sila tulad ng mga bayarang
babae. Ito ay magiging isang permanenteng batas para
sa kanila hanggang sa katapusan ng kanilang salinlahi.' 8
Dapat mong sabihin sa kanila, 'Sinumang tao ng Israel, o
sinumang dayuhang nakatira sa kanila, na maghahandog ng
isang alay na susunugin bilang handog. 9 at hindi ito dinala
sa pasukan ng tolda ng pagpupulong upang ihandog ito
para kay Yahweh, dapat na itiwalag ang taong iyon mula
sa kanyang bayan. 10 At sinuman sa Israel, o sinumang
dayuhang naninirahan sa kanila, na kumain ng kahit anong
dugo, itatalikod ko ang aking mukha laban sa mga taong
iyon, sa sinumang kumain ng dugo; ititiwalag ko siya mula
sa kanyang bayan. 11 Sapagkat ang buhay ng isang hayop
ay nasa dugo nito. Ibinigay ko ang dugo nito sa inyo upang
gawing pambayad ng kasalanan sa altar para sa inyong mga
buhay, dahil ang dugong ito ang ginagawang pambayad ng
kasalanan, sapagkat ang dugo ay pambayad ng kasalanan

para sa buhay. 12 Kaya sinabi ko sa bayan ng Israel
na walang sinuman sa inyo ang dapat kumain ng dugo,
ni sinumang dayuhan na naninirahan kasama ninyo ang
maaaring kumain nito. 13 At sinumang mamamayan ng
Israel, o sinumang mga dayuhang naninirahan sa kanila, na
nangaso at pumatay ng isang hayop o ibon na maaaring
kainin, dapat patuluin ng taong iyon ang dugo nito at takpan
ng lupa. 14 Sapagkat ang buhay ng bawat nilalang ay ang
dugo nito. Kaya sinabi ko sa bayan ng Israel, "Hindi ninyo
dapat kainin ang dugo ng anumang nilalang, sapagkat ang
buhay ng bawat nilalang ay ang dugo nito. Dapat na itiwalag
ang sinumang kumain nito." 15 Bawat tao na kumain ng
isang patay na hayop o ginutay-gutay ng mga mababangis
na hayop, maging ang taong iyon ay katutubo o isang
dayuhang naninirahan kasama ninyo, dapat niyang labahan
ang kanyang mga damit at paliguan ang kanyang sarili sa
tubig, at patuloy siyang marumi hanggang gabi. Pagkatapos
nito magiging malinis na siya. 16 Subalit kung hindi niya
nilabhan ang kanyang mga damit o pinaliguhan ang kanyang
katawan, kung gayon dapat siyang managot sa kanyang
kasalanan.'"

**18** Kinausap ni Yahweh si Moises, sinabing, 2 "Kausapin
mo ang bayan ng Israel at sabihin sa kanila, 'Ako si
Yahweh na inyong Diyos. 3 Hindi ninyo dapat gawin ang
mga bagay na ginagawa ng mga tao sa Ehipto, kung saan
dati kayong nanirahan. At hindi ninyo dapat gawin ang mga
bagay na ginagawa ng mga tao sa Canaan, sa lupain na
pagdadalhan ko sa inyo. Huwag ninyong sundin ang kanilang
mga kaugalian. 4 Ang aking mga batas ang dapat ninyong
gawin, at ang aking mga kautusan ang dapat ninyong sundin,
para lumakad kayo dito, dahil Ako si Yahweh ang inyong
Diyos. 5 Kaya dapat ninyong sundin ang aking mga utos at
aking mga batas. Kung susunod ang isang tao sa mga ito,
mabubuhay siya dahil sa mga ito. Ako si Yahweh. 6 Walang
sinuman ang dapat na sumiping sa malapit na kamag-anak
niya. Ako si Yahweh. 7 Huwag ninyong lapastanganin ang
inyong ama sa pagsiping sa inyong ina. Siya ay inyong
ina! Hindi ninyo siya dapat lapastanganin. 8 Huwag kayong
sumiping sa alinmang mga asawa ng inyong ama; hindi
ninyo dapat lapastanganin ang inyong ama tulad nito. 9
Huwag sumiping sa sinuman sa inyong mga kapatid na
babae, maging siya ay anak na babae ng inyong ama o
anak na babae ng inyong ina, maging siya ay lumaki sa
inyong tahanan o malayo mula sa inyo. Hindi dapat kayo
sumiping sa inyong mga kapatid na babae. 10 Huwag
kayong sumiping sa anak na babae ng inyong anak na lalaki
o sa anak na babae ng inyong anak na babae. Magiging
sarili ninyong kahihiyan iyon. 11 Huwag kayong sumiping sa
babaeng anak ng asawa ng inyong ama. Siya ay inyong
kapatid, at hindi dapat kayo sumiping sa kanya. 12 Huwag
sumiping sa babaeng kapatid ng inyong ama. Siya ay isang
malapit na kamag-anak ng inyong ama. 13 Huwag kayong
sumiping sa babaeng kapatid ng inyong ina. Siya ay malapit
na kamag-anak ng inyong ina. 14 Huwag ninyong alisan ng
dangal ang kapatid na lalaki ng inyong ama sa pagsiping
sa kanyang asawa. Huwag ninyo siyang lapitan para sa
ganoong layunin; siya ay inyong tiyahin. 15 Huwag kayong
sumiping sa inyong manugang na babae. Siya ay asawa ng
inyong anak na lalaki; huwag siyang sipingan. 16 Huwag
kayong sumiping sa asawa ng inyong kapatid na lalaki;
huwag ninyo siyang lapastanganin sa ganitong paraan. 17
Huwag kayong sumiping sa isang babae at sa kanyang anak
na babae, o sa babaeng anak ng kanyang anak na lalaki o sa
babaeng anak ng kanyang anak na babae. Malapit na mga
kamag-anak niya ang mga ito, at ang pagsiping sa kanila
ay masama. 18 Hindi ninyo dapat pakasalan ang kapatid
na babae ng inyong asawa bilang pangalawang asawa
at sumiping sa kanya habang buhay pa ang una ninyong
asawa. 19 Huwag kayong sumiping sa isang babae habang
siya ay may regla. Siya ay marumi sa panahong iyon. 20
Huwag kayong sumiping sa asawa ng inyong kapit-bahay at
dungisan ang inyong sarili sa kanya sa ganitong paraan. 21
Hindi ninyo dapat ibigay ang sinuman sa inyong mga anak
upang idaan sa apoy, upang ialay ninyo sila kay Molec,
sapagkat hindi ninyo dapat lapastanganin ang pangalan ng
inyong Diyos. Ako si Yahweh. 22 Huwag sumiping sa ibang
kalalakihan gaya sa isang babae. Napakasama nito. 23
Huwag kayong sumiping sa alinmang hayop at dungisan ang
inyong sarili dahil dito. Walang babae ang dapat na mag-isip
na sumiping sa alinmang hayop. Ito ay kabuktutan. 24 Huwag
ninyong dungisan ang inyong mga sarili sa mga paraang
ito, sapagkat sa lahat ng mga paraang ito nadungisan
ang mga bansa, mga bansang itataboy ko mula sa inyong
harapan. 25 Naging marungis ang lupain, kaya pinarusahan
ko ang kanilang kasalanan, at isinuka ng lupain ang mga
naninirahan dito. 26 Kaya, dapat kayong sumunod sa aking
mga utos at mga batas, at hindi ninyo dapat gawin ang
alinman sa mga kasuklam-suklam na mga bagay na ito,
maging katutubong Israelita o dayuhang naninirahan kasama
ninyo. 27 Sapagkat ito ang mga kasamaang ginawa ng
mga tao sa lupain, mga dating nanirahan dito bago kayo, at
ngayon marungis na ang lupain. 28 Kaya mag-ingat kayo
para hindi rin isuka kagaya ng mga taong nauna sa inyo. 29
Ititiwalag sa kanilang mga tao ang sinumang gumawa ng
mga kasuklam-suklam na mga bagay na ito. 30 Kaya dapat
ninyong ingatan ang aking kautusan upang hindi makagawa
ng alinmang kasuklam-suklam na mga kaugalian na ginawa
nila dito bago kayo, upang hindi ninyo madungisan ang

inyong mga sarili dahil sa mga iyon. Ako si Yahweh na
inyong Diyos."

19 Kinausap ni Yahweh si Moises, sinabing, 2 "Makipag-
usap sa lahat ng kapulungan ng mga tao ng Israel at
sabihin sa kanila, 'Kailangan ninyong maging banal, sapagkat
ako ay banal, ako si Yahweh na inyong Diyos. 3 Dapat
gumalang ang bawat isa sa kanyang ina at kanyang ama, at
dapat ninyong panatiliin ang araw ng aking pamamahinga.
Ako si Yahweh na inyong Diyos. 4 Huwag ng bumaling
sa mga walang kuwentang diyus-diyosan, ni gumawa ng
diyus-diyosan na gawa sa metal para sa inyong sarili. Ako
si Yahweh na inyong Diyos. 5 Kapag kayo ay nag-alay
ng handog para sa pagtitipon kay Yahweh, dapat ninyong
ihandog ito upang maaari kayong tanggapin. 6 Dapat itong
kainin sa mismong araw nang ito ay inihandog, o sa susunod
na araw. Kung may matira hanggang sa ikatlong araw, dapat
na itong sunugin. 7 Marumi na ito kung kakainin sa ikatlong
araw. Hindi na dapat ito maaring tanggapin, 8 ngunit kung
sinuman ang kumain nito ay dapat managot sa kanyang
kasalanan sapagkat dinungisan niya ang inihandog kay
Yahweh. Dapat na itiwalag ang taong iyon mula sa kanyang
bayan. 9 Kapag inani ninyo ang mga pananim sa inyong
lupain, hindi ninyo dapat anihin ang lahat ng sulok ng inyong
bukirin, ni ipunin ang lahat ng bunga ng inyong ani. 10 Hindi
ninyo dapat ipunin ang bawat ubas mula sa inyong ubasan,
ni ipunin ang mga ubas na nahulog sa lupa sa inyong
ubasan. Dapat ninyong iwan ang mga ito para sa mahihirap
at para sa dayuhan. Ako si Yahweh na inyong Diyos. 11
Huwag magnakaw. Huwag magsinungaling. Huwag linlangin
ang bawat isa. 12 Huwag manumpa ng kasinungalingan
gamit ang aking pangalan at huwag lapastanganin pangalan
ng inyong Diyos. Ako si Yahweh. 13 Huwag ninyong apihin
ang inyong kapit-bahay o pagnakawan sila. Ang bayad ng
isang inupahang tagapaglingkod ay hindi dapat manatili sa
inyo ng buong gabi hanggang umaga. 14 Huwag isumpa
ang bingi o lagyan ng isang harang sa harapan ng bulag.
Sa halip, dapat ninyong katakutan ang inyong Diyos. Ako
si Yahweh. 15 Huwag idulot na ang paghataol ay maging
kasinungalingan. Hindi dapat kayo magpakita ng pagtatangi
sa sinuman dahil siya ay mahirap, at hindi dapat kayo
magpakita ng pagtatangi sa sinuman sapagkat siya ay
mahalaga. Sa halip, maghusga ng matuwid sa inyong kapwa.
16 Huwag maglibot sa pagkalat ng maling tsismis sa inyong
mga bayan, nguni't protektahan ang buhay ng inyong kapwa.
Ako si Yahweh. 17 Huwag kamuhian ang inyong kapatid sa
inyong puso. Dapat ninyong pagsabihan nang tapat ang
inyong kapwa upang hindi kayo magkasala dahil sa kanya.
18 Huwag maghiganti o magtanim ng sama ng loob laban sa
sinuman sa inyong kapwa, nguni't sa halip mahalin ninyo
ang inyong kapwa gaya ng inyong sarili. Ako si Yahweh.
19 Dapat ninyong ingatan ang aking mga utos. Huwag
subukang palahian ang inyong mga hayop ng iba't ibang
uri ng mga hayop. Huwag ihalo ang dalawang magkaibang
uri ng buto kapag nagtatanim sa inyong kabukiran. Huwag
magsuot ng damit na gawa sa dalawang uri ng materyal na
magkasama. 20 Ang sinumang sumiping sa isang aliping
babae na nakapangako ng ikasal sa isang lalaki, subalit
hindi pa natubos o naibigay ang kanyang kalayaan, sila ay
dapat maparusahan. Hindi dapat sila ipapatay sapagkat hindi
siya malaya. 21 Dapat dalhin ng lalaking iyon ang kanyang
handog na pambayad ng kasalanan kay Yahweh sa pasukan
ng tolda ng pagtitipon—isang lalaking tupa bilang isang
alay na pambayad ng kasalanan. 22 Pagkatapos gagawa
ng pambayad ng kasalanan ang pari para sa kanya sa
papamagitan ng lalaking tupa sa harapan ni Yahweh, para
sa kasalanan na nagawa niya. Pagkatapos mapapatawad
ang kasalanan na kanyang nagawa. 23 Kapag pumunta
kayo sa lupain at magtanim ng lahat ng uri ng mga puno
para makain, kung gayon dapat ninyong ituring ang bunga
na kanilang nakuha bilang pinagbabawal na kainin. Dapat
ipagbawal ang bunga sa inyo ng tatlong taon. Hindi dapat
itong kainin. 24 Subalit sa ikaapat na taon lahat ng bunga ay
magiging banal, na isang papuring handog kay Yahweh. 25
Sa ikalimang taon maaari na ninyong kainin ang bunga,
kinakailangang maghintay upang higit pang magbunga
ang puno. Ako si Yahweh na inyong Diyos. 26 Huwag
kumain ng anumang karne na may dugo pa nito. Huwag
yayong sumangguni sa mga espiritu tungkol sa hinaharap,
at huwag kayong maghangad na makontrol ang iba sa
pamamagitan ng mga kahima-himalang kapangyarihan.
27 Huwag sumunod sa mga gawain ng pagano tulad ng
pag-ahit sa kanilang magkabilaang ulo o pagputol sa
kanilang gilid mula sa kanilang balbas. 28 Huwag ninyong
sugatan ang inyong katawan para sa patay o maglagay
ng tatu sa inyong katawan. Ako si Yahweh. 29 Huwag
ninyong idulot sa kahihiyan ang inyong anak na babae
para maging babaeng bayaran, o babagsak sa prostitusyon
ang bansa ay mapupuno ng kasamaan. 30 Dapat ninyong
panatiliin ang araw ng aking pamamahinga at igalang ang
santuwaryo ng aking tabernakulo. Ako si Yahweh. 31 Huwag
bumaling sa mga nakikipag usap sa mga patay o sa mga
espiritu. Huwag hanapin ang mga ito, o dudungisan lang nila
kayo. Ako si Yahweh na inyong Diyos. 32 Dapat kayong
tumayo sa harapan ng taong may puting buhok at igalang
ang presensiya ng isang matandang tao. Dapat ninyong
katakutan ang inyong Diyos. Ako si Yahweh. 33 Kung
naninirahan ang isang dayuhan sa inyong lupain, huwag
dapat kayong gumawa ng anumang mali sa kanya. 34 Ang

naninirahang dayuhan sa inyo ay dapat maging tulad ninyong
katutubong Israelita na kasama ninyong naninirahan, at
dapat ninyo siyang mahalin tulad ng inyong sarili, sapagkat
naging mga dayuhan kayo sa lupain ng Ehipto. Ako si
Yahweh na inyong Diyos. **35** Huwag gumamit ng mga maling
sukatan kapag nagsusukat ng haba, bigat, o dami. **36** Dapat
gumamit lamang kayo ng mga tamang timbangan, mga
tamang pabigat, isang tamang epa, at isang tamang hin.
Ako si Yahweh na inyong Diyos, na siyang nagdala sa inyo
palabas sa lupain ng Ehipto. **37** Dapat ninyong sundin ang
lahat ng aking mga kautusan at lahat ng aking mga batas, at
gawin ang mga ito. Ako si Yahweh.""

**20** Nakipag-usap si Yahweh kay Moises, na sinasabing,
**2** "Sabihin sa bayan ng Israel, 'Sinuman sa mga
mamamayan ng Israel, o sinumang dayuhan na namumuhay
sa Israel na magbigay ng sinuman sa kanyang mga anak
kay Molec, ay tiyak na papatayin. Dapat siyang batuhin ng
mga tao sa lupain gamit ang mga bato. **3** Haharap din ako
laban sa taong iyon at tatanggalin siya mula sa kanyang mga
tao dahil ibinigay niya ang kanyang anak kay Molec, upang
dungisan ang aking banal na lugar at lapastanganin ang
aking banal na pangalan. **4** Kung ipipikit ng mga tao sa lupain
ang kanilang mga mata sa lalaking iyon kapag ibinigay ang
sinuman sa kanyang mga anak kay Molec, kung hindi nila
pinatay, **5** sa gayon ako mismo ang haharap laban sa taong
iyon at sa kanyang angkan, at tatanggalin ko siya at bawat
isa pang gagamitin sa masama ang kanyang sarili para
gumanap bilang isang babaeng bayaran kay Molec. **6** Ang
isang taong pumupunta sa mga nakikipag-usap sa patay,
o sa mga nakikipag-usap sa mga espiritu para isama ang
kanilang sarili ssa kanila, haharap ako laban sa taong iyon;
tatanggalin ko siya mula sa kanyang bayan. **7** Kaya ialay
ninyo ang inyong mga sarili kay Yahweh at maging banal,
dahil ako si Yahweh ang inyong Diyos. **8** Dapat ninyong
sundin ang aking mga utos at isagawa ang mga ito. Ako si
Yahweh, na siyang nagtatalaga sa inyo para sa aking sarili.
**9** Ang lahat na sumusumpa sa kanyang ama o sa kanyang
ina ay tiyak na papatayin. Isinumpa niya ang kanyang ama o
ang kanyang ina, kaya siya ay nagkasala at karapat-dapat
mamatay. **10** Ang taong gumagawa ng pangangalunya sa
asawa ng ibang lalaki, iyon ay, sinumang gumagawa ng
pangangalunya sa asawa ng kanyang kapitbahay—ang
nakikiapid na lalaki at ang nakikiapid na babae ay tiyak na
kapwa papatayin. **11** Ang lalaking sumisiping sa asawa ng
kanyang ama para makipagtalik sa kanya ay nagdulot ng
kahihiyan sa kanyang sariling ama. Kapwa ang anak na
lalaki at ang asawa ng kanyang ama ay tiyak na papatayin.
Sila ay nagkasala at karapat-dapat mamatay. **12** Kung
sipingan ng isang lalaki ang kanyang manugang na babae,
tiyak na kapwa silang dapat patayin. Nakagawa sila ng
kabuktutan. Sila ay nagkasala at karapat-dapat mamatay.
**13** Kapag sumiping ang isang lalaki sa kapwa lalaki, tulad
ng sa isang babae, pareho silang nakagawa ng kasuklam-
suklam na bagay. Tiyak na dapat silang patayin. Sila ay
nagkasala at karapat-dapat mamatay. **14** Kung pakasalan ng
isang lalaki ang isang babae at pakasalan din ang kanyang
ina, ito ay kasamaan. Dapat silang sunugin, kapwa siya at
ang mga babae, upang hindi magkaroon ng kasamaan sa
inyo. **15** Kung sumiping ang isang lalaki sa isang hayop,
tiyak na dapat siyang patayin, at dapat ninyong patayin ang
hayop. **16** Kung lumapit ang isang babae sa anumang hayop
para sipingan ito, dapat ninyong patayin ang babae at ang
hayop. Tiyak na dapat silang patayin. Sila ay nagkasala at
karapat-dapat mamatay. **17** Kung sumiping ang isang lalaki
sa kanyang kapatid na babae, alinman sa anak na babae
ng kanyang ama o alinman sa anak na babae ng kanyang
ina—kung sumiping siya sa babae at ang babae sa kanya,
ito ay isang kahiya-hiyang bagay. Dapat silang alisin mula
sa presensiya ng kanyang mga tao, dahil sumiping siya sa
kanyang kapatid na babae. Dapat niyang dalhin ang kanyang
kasalanan. **18** Kung sipingan ng isang lalaki ang isang
babae sa panahon ng kanyang pagreregla at nakipagtalik
sa kaniya, binuksan niya ang agusan ng kanyang dugo,
ang pinagmumulan ng kanyang dugo. Kapwa ang lalaki at
babae ay dapat alisin mula sa kanilang bayan. **19** Hindi
ninyo dapat sipingan ang kapatid na babae ng inyong ina, ni
kapatid na babae ng inyong ama, dahil ipapahiya ninyo ang
inyong malapit na kamag-anak. Dapat ninyong dalhin ang
sarili ninyong kasalanan. **20** Kung sipingan ng isang lalaki
ang asawa ng kanyang tiyuhin, ipinahiya niya ang kanyang
tiyuhin. Dapat nilang dalhin ang sarili nilang kasalanan at
mamatay ng walang anak. **21** Kung pakasalan ng isang lalaki
ang asawa ng kanyang kapatid na lalaki, ito ay kalaswaan
dahil nagkaroon siya ng kaugnayang lumalabag sa kasal ng
kanyang kapatid na lalaki, at hindi sila magkakaanak. **22**
Kaya dapat ninyong sundin ang lahat ng aking mga batas at
lahat ng aking mga utos; dapat ninyong sundin ang mga ito
sa gayon hindi kayo isusuka ng lupain kung saan ko kayo
dadalhin para manirahan. **23** Hindi kayo dapat mamuhay sa
mga kaugalian ng mga bansang itataboy ko sa harapan
ninyo, dahil ginawa nila ang lahat ng mga bagay na ito,
at kinamumuhian ko ang mga ito. **24** Sinabi ko sa inyo,
"Mamanahin ninyo ang kanilang lupain; ibibigay ko ito sa
inyo para angkinin, isang lupaing dinadaluyan ng gatas at
pulot. Ako si Yahweh na inyong Diyos, na siyang naghiwalay
sa inyo mula sa ibang mga tao. **25** Kaya dapat ninyong
kilalanin ang kaibahan ng malinis na mga hayop at ng
marumi, at kaibahan ng maruming mga ibon at ang malinis.

Huwag dapat ninyong dungisan ang inyong mga sarili ng
mga maruming hayop o mga ibon o anumang nilikhang
gumagapang sa lupa, na inihiwalay ko bilang marumi mula
sa inyo. **26** Kayo ay dapat maging banal, dahil Ako, si
Yahweh, ay banal, at ibinukod ko kayo mula sa ibang mga
tao, dahil kayo ay aking pag-aari. **27** Tiyak na dapat patayin
ang isang lalaki o isang babaeng nakikipag-usap sa patay o
nakikipag-usap sa mga espiritu. Dapat silang batuhin ng
mga tao gamit ang mga bato. Sila ay nagkasala at nararapat
mamatay."'

**21** Sinabi ni Yahweh kay Moises: "Nagsalita sa mga pari,
ang mga anak na lalaki ni Aaron, at kanilang sinabi,
'Walang isa sa inyo ang gagawing hindi malinis ang kaniyang
sarili para sa mga namatay sa kaniyang mga tao, **2** maliban
para sa isang malapit na kamag-anak—para sa kaniyang
ina at ama, para sa kaniyang anak na lalaki at babae, o
para sa kaniyang kapatid **3** o para sa isang birheng kapatid
na babae na nasa kaniyang bahay at walang asawa. Para
sa kaniya maari niyang gawing hindi malinis ang kaniyang
sarili. **4** Ngunit hindi niya dapat gawing hindi malinis ang
kanyang sarili dahil sa ibang kamag-anak, upang dungisan
ang kanyang sarili. **5** Hindi dapat mag-ahit ang mga pari ng
kanilang mga ulo o ahitin ang mga gilid ng kanilang balbas,
o sugatan ang kanilang katawan. **6** Dapat silang ibukod para
sa kanilang Diyos, at hindi ipahiya ang pangalan ng kanilang
Diyos, dahil ang mga pari ang naghahandog ng mga alay
kay Yahweh sa pamamagitan ng apoy, ang "pagkain" ng
kanilang Diyos. Kaya dapat silang ibukod. **7** Hindi sila dapat
mag-asawa ng sinumang babaeng bayaran at nadungisan,
at hindi sila dapat mag-asawa ng isang babaeng hiwalay
mula sa kaniyang asawa, sapagkat ibinukod sila para sa
kanilang Diyos. **8** Dapat mo siyang ihandog sapagkat nag-
aalay siya ng "pagkain" mula sa inyong Diyos. Dapat siyang
maging banal sa iyong paningin, dahil Ako, si Yahweh, na
siyang naghandog sa inyo sa aking sarili, ay banal din. **9**
Sinumang anak na babae ng pari ang dudungis sa kanyang
sarili sa pamamagitan ng pagiging isang babaeng bayaran
ay ipinapahiya ang kaniyang ama. Dapat siyang sunugin. **10**
Siya na punong pari sa kanyang mga kapatid na lalaki, kung
kaninong ulo ibinuhos ang panghirang na langis, at ginawang
banal upang magsuot ng mga natatanging kasuotan ng
punong pari, ay hindi dapat guluhin ang kanyang buhok
o punitin ang kanyang mga damit. **11** Hindi siya dapat
pumunta kahit saan na mayroong isang patay na katawan at
dungisan ang kanyang sarili, kahit para sa kanyang ama o
sa kanyang ina. **12** Hindi dapat iiwan ng punong pari ang
dako ng santuwaryo ng tabernakulo o lapastanganin ang
santuwaryo ng kaniyang Diyos, dahil ginawa siyang banal
bilang punong pari sa pamamagitan ng panghirang na langis
ng kanyang Diyos. Ako si Yahweh. **13** Dapat mag-asawa ang
punong pari ng isang birhen bilang kanyang asawa. **14** Hindi
siya dapat mag-asawa ng isang balo, isang babaeng hiwalay
sa asawa, o isang babaeng bayaran. Hindi siya dapat mag-
asawa ng ganitong mga uri ng babae. Maaari lang siyang
mag-asawa ng isang birhen mula sa kaniyang sariling lahi.
**15** Dapat niyang sundin ang mga patakarang ito, upang hindi
niya madungisan ang kaniyang mga anak sa kaniyang lahi,
sapagkat Ako si Yahweh, na naghandog sa kaniya para sa
aking sarili.'" **16** Sinabi ni Yahweh kay Moises, sinasabi, **17**
"sabihin kay Aaron at sabihin niya, 'Sinuman sa iyong mga
kaapu-apuhan hanggang sa buong salinlahi nila ang may
kapansanan sa katawan, hindi siya dapat lumapit upang
ihandog ang 'pagkain' ng kanyang Diyos. **18** Hindi dapat
lumapit kay Yahweh ang sinumang taong may kapansanan
sa katawan, gaya ng isang taong bulag, isang taong pilay,
isa na ang anyo ay nasira o pumangit, **19** isang taong
pilay ang kamay o paa, **20** kuba o taong unano, o isang
taong may kapansanan sa kanyang mga mata, o may isang
sakit, pamamaga, galis, o napinsala ang mga pribadong
bahagi. **21** Walang tao sa mga kaapu-apuhan ni Aaron na
pari na may kapansanan ang katawan na maaaring lumapit
upang magsagawa ng mga paghahandog sa pamamagitan
ng apoy para kay Yahweh. Ang isang taong iyon ay may
kapansanan sa katawan; hindi siya dapat lumapit upang
ihandog ang 'pagkain' ng kanyang Diyos. **22** Maaari niyang
kainin ang pagkain ng kanyang Diyos, maging ang ilan sa
mga kabanalbanalan o ilan sa banal. **23** Gayunman, hindi
siya dapat pumasok sa loob ng kurtina o lumapit sa altar,
dahil siya ay may kapansanan sa katawan, upang hindi niya
madungisan ang aking banal na lugar, dahil ako si Yahweh,
ang siyang naghandog sa kanila para sa aking sarili.'" **24**
Kaya sinabi ni Moises ang mga salitang ito kay Aaron, sa
kanyang mga anak na lalaki, at sa lahat ng mga tao ng
Israel.

**22** Sinabi ni Yahweh kay Moises, sinasabi, **2** "Sabihin kay
Aaron at sa kaniyang mga anak na lalaki, pagsabihan
silang lumayo mula sa mga bagay na banal ng mga tao
ng Israel, na inihahandog nila sa akin. Hindi nila dapat
lapastanganin ang aking banal na pangalan. Ako si Yahweh.
**3** Sabihin sa kanila, 'Sinuman sa inyong mga kaapu-apuhan
sa buong angkan ng inyong mga tao na marumi kapag
lumapit siya sa mga banal na bagay na inihandog ng mga
tao ng Israel kay Yahweh, dapat ihiwalay ang taong iyon
mula sa harap ko. Ako si Yahweh. **4** Wala sa mga kaapu-
apuhan ni Aaron na may nakakahawang sakit sa balat, o
isang impeksiyong dumadaloy mula sa kaniyang katawan,
ang maaaring kumain ng alinman sa mga alay na ginawa
para kay Yahweh hanggang siya ay malinis. Sinuman ang

hahawak sa anumang bagay na marumi sa pamamagitan ng
paghawak sa patay, o sa pamamagitan ng paghawak sa
isang lalaking may daloy ng semilya, 5 o sinumang hahawak
ng anumang hayop na gumagapang na nagpaparumi sa
kaniya, o sinumang tao na nagpaparumi sa kanya, maging
anumang uri ng karumihang ito— 6 pagkatapos ang pari
na hahawak sa anumang marumi ay magiging marumi
hanggang gabi. Hindi siya dapat kumain ng anumang mga
banal na bagay, maliban lang kung pinaliguan niya ang
kanyang katawan sa tubig. 7 Kapag lumubog na ang araw,
magiging malinis siya. Maaari siyang kumain mula sa banal
na mga bagay pagkatapos ng paglubog ng araw, dahil ang
mga ito ay kaniyang pagkain. 8 Hindi siya dapat kumain ng
anumang bagay na natagpuang patay o pinatay ng mga
mababangis na hayop, kung saan madudungisan niya ang
kanyang sarili. Ako si Yahweh. 9 Dapat sumunod ang mga
pari sa mga tagubilin ko, o magkakasala sila at maaaring
mamatay dahil sa paglapastangan sa akin. Ako si Yahweh,
na siyang naghahandog sa kanila sa aking sarili. 10 Walang
sinumang hindi kapamilya ng pari, maging ang mga bisita ng
isang pari o kaniyang mga inupahang tagapaglingkod ang
maaaring kumain ng anumang bagay na banal. 11 Ngunit
kung bumili ang isang pari ng alipin sa kaniyang sariling
pera, maaaring kumain ang aliping iyan mula sa mga bagay
na inihiwalay para kay Yahweh. At ang mga miyembro sa
pamilya ng pari at mga aliping ipinanganak sa kaniyang
bahay, maaari din silang kumain kasama niya mula sa mga
bagay na iyon. 12 Kung ikinasal sa isang hindi pari ang
anak na babae ng isang pari, hindi siya maaaring kumain ng
anumang banal na ambag na mga handog. 13 Ngunit kung
isang balo ang anak na babae ng pari, o hiwalay, at kung
wala siyang anak, at kung babalik siya upang manirahan
sa bahay ng kanyang ama gaya noong kanyang kabataan,
maaari siyang kumain mula sa pagkain ng kanyang ama.
Ngunit walang sinumang hindi pamilya ng pari ang maaaring
kumain mula sa pagkain ng pari. 14 Kung kumain ang isang
tao ng isang banal na pagkain na hindi ito nalalaman, dapat
niyang bayaran ang pari para rito; dapat niyang dagdagan
ng ikalimang bahagi ito at ibalik ito sa pari. 15 Hindi dapat
bastusin ng mga tao ng Israel ang mga bagay na banal na
itinaas at inihandog kay Yahweh, 16 at idudulot ang kanilang
sarili upang dalhin ang kasalanang gagawin silang may sala
sa pagkain ng banal na pagkain, dahil ako si Yahweh, na
siyang naghahandog sa kanila sa aking sarili.'" 17 Sinabi
ni Yahweh kay Moises, sinasabi, 18 "Sabihin kay Aaron
at sa kaniyang mga anak na lalaki, at lahat ng mga tao
ng Israel. Sabihin sa kanila, 'Sinumang Israelita, o isang
banyaga na naninirahan sa Israel, kapag maghahandog sila
ng isang alay— kahit na ito ay para tuparin ang isang panata
o kahit na ito ay isang kusang handog, o maghahandog sila
kay Yahweh ng isang handog na susunugin, 19 kung ito
ay tatanggapin, dapat silang maghandog ng isang lalaking
hayop na walang kapintasan mula sa baka, tupa, o mga
kambing. 20 Pero hindi ninyo dapat ialay ang anumang may
kapintasan. Hindi ko ito tatanggapin sa ngalan ninyo. 21
Sinumang maghandog ng alay para sa pagtitipon-tipon ng
handog mula sa maraming tao o sa kawan ni Yahweh para
tuparin ang isang panata, o bilang isang kusang handog,
dapat wala itong kapintasan para tanggapin. Dapat walang
depekto ang hayop. 22 Hindi kayo dapat maghandog ng
mga hayop na bulag, baldado, o lumpo, o mayroong mga
kulugo, mga sugat, o mga galis. Hindi ninyo dapat ihandog
ang mga ito kay Yahweh bilang alay sa pamamagitan ng
apoy sa altar. 23 Maaari ninyong ihandog bilang kusang
handog ang isang lalaking baka o kordero na sira ang anyo
o maliit, ngunit ang isang handog na katulad niyan ay hindi
tatanggapin para sa isang panata. 24 Huwag maghandog
kay Yahweh ng mga hayop na may bugbog, durog, sira
o hiwa sa mga pampaanak na bahagi. Huwag ihandog
ang mga ito sa inyong lupain, 25 at huwag tanggapin ang
mga ito mula sa kamay ng isang dayuhan bilang pagkaing
inihandog sa Diyos, dahil may mga depekto o kapintasan
sa mga ito. Hindi ko tatanggapin ang mga ito sa ngalan
ninyo. 26 Nakipag-usap si Yahweh kay Moises at sinabi, 27
"Kapag ipinanganak ang isang guya o isang tupa o isang
kambing, dapat itong manatili sa kaniyang ina ng pitong
araw. Pagkatapos mula sa walong araw, maaaring tanggapin
ito bilang isang alay para sa isang handog na gawa sa apoy
kay Yahweh. 28 Huwag pumatay ng isang baka o tupang
babae kasama ang kaniyang anak, sa ganitong araw. 29
Kapag mag-aalay kayo ng isang handog ng pasasalamat kay
Yahweh, dapat kayong mag-alay nito sa isang katanggap-
tanggap na paraan. 30 Dapat itong kainin sa ganitong araw
na inihandog ito. Hindi kayo dapat magtira nito hanggang sa
susunod na umaga. Ako si Yahweh. 31 Kaya dapat ninyong
sundin ang aking mga kautusan at tuparin ang mga ito. Ako
si Yahweh. 32 Huwag dapat ninyong ilagay sa kahihiyan ang
aking banal na pangalan. Dapat akong kilalanin bilang banal
ng mga bayan ng Israel. Ako si Yahweh na inaalay ko sa
inyong sarili. 33 na siyang naglabas sa inyo sa lupain ng
Ehipto, upang maging inyong Diyos. Ako si Yahweh."

**23** Kinausap ni Yahweh si Moises: 2 "Kausapin mo ang
bayan ng Israel, at sabihin sa kanila, 'Ang itinalagang
mga pista para kay Yahweh, kung saan dapat ninyong
ipahayag bilang banal na mga pagpupulong, ay karaniwang
mga pista sa akin. 3 Maaari kayong magtrabaho sa loob
ng anim na araw, ngunit sa ikapitong araw ay isang ganap
na Araw ng Pamamahinga, isang banal na pagpupulong.

Dapat hindi kayo magtatrabaho sapagkat ito ay isang
Araw ng Pamamahinga para kay Yahweh sa lahat ng
mga lugar kung saan kayo nakatira. 4 Ito ay ang mga
itinalagang pista ni Yahweh, ang banal na mga pagpupulong
na dapat ninyong ipahayag ayon sa kanilang itinalagang
mga panahon: 5 Sa unang buwan, sa ikalabing-apat na
araw ng buwan sa takipsilim, ay Paskuwa ni Yahweh. 6
Sa ikalabing-limang araw sa parehong buwan ay ang Pista
ng Tinapay na Walang Lebadura para kay Yahweh. Dapat
ninyong kainin ang tinapay na walang lebadura sa loob
ng pitong araw. 7 Sa unang araw mayroon kayong isang
pagpupulong na inihandog kay Yahweh, dapat hindi kayo
gagawa ng karaniwang trabaho. 8 Dapat kayong mag-alay
ng isang handog na gawa sa pamamagitan ng apoy para
kay Yahweh sa loob ng pitong araw. Ang ikapitong araw ay
isang pagpupulong na inihandog para kay Yahweh na kung
saan dapat hindi kayo gagawa ng karaniwang trabaho.'"
9 Kinausap ni Yahweh si Moises, sinasabi, 10 "Kausapin
mo ang mga bayan ng Israelita at sabihin sa kanila, 'Kapag
dumating kayo sa loob ng lupain na ibibigay ko sa inyo, at
kapag ginapas ninyo ang ani nito, sa gayon dapat dalhin
ninyo sa pari ang isang tali ng mga unang prutas nito. 11
Itataas niya ang tali sa harap ni Yahweh at idulog ito kay
Yahweh, upang tanggapin ito para sa ngalan mo. Ito ay
sa araw pagkatapos ng Araw ng Pamamahinga na itataas
ito ng pari at idudulog ito sa akin. 12 Kapag sa araw na
itinaas ninyo ang tali at idinulog ito sa akin, dapat ninyong
ihandog ang isang taong gulang na lalaking tupa at walang
dungis bilang isang handog na susunugin para kay Yahweh.
13 Dapat ang handog na pagkaing butil dalawang ikapu
ng isang epah ng pinong harina na hinaluan ng langis,
isang handog na ginawa sa pamamagitan ng apoy para
kay Yahweh, para magpalabas ito ng isang mabangong
amoy, at kasama dito ang isang inuming handog na alak,
sa ikaapat na bahagi ng isang hin. 14 Dapat hindi kayo
kakain ng tinapay, ni inihaw o sariwang butil, hanggang sa
parehong araw ng inyong pagdadala itong handog sa inyong
Diyos. Magiging isang permanenteng batas ito hanggang
sa katapusan ng inyong mga angkan, sa bawat lugar ng
inyong titirhan. 15 Magbibilang kayo kinabukasan mula sa
Araw ng Pamamahinga, mula sa araw ng dinala ninyo ang
tali na paghahandog para itaas at idinulog, pitong buong
linggo, pitong Araw ng Pamamahinga, 16 hanggang ang
araw pagkatapos ang ikapitong Araw ng Pamamahinga. Iyon
ay, dapat kayong bumilang ng limampung araw. Pagkatapos
dapat ninyong ialay ang isang handog ng bagong butil kay
Yahweh. 17 Dapat ninyong ilabas sa inyong mga bahay
ang dalawang tinapay na ginawa mula sa dalawang ikapu
ng isang epah. Dapat ginawa ang mga ito mula sa pinong
harina at inihurno kasama ang lebadura; isang paghahandog
ang mga ito mula sa unang mga prutas na itataas at idinulog
kay Yahweh. 18 Dapat ninyong idulog kasama ang tinapay,
pitong tupa isang taong gulang at walang dungis, isang
batang toro, at dalawang lalaking tupa. Dapat itong maging
isang handog na susunugin para kay Yahweh, kasama ang
kanilang handog ng pagkaing butil at kanilang mga inuming
handog, isang paghahandog na ginawa sa pamamagitan ng
apoy at maglalabas ng isang mabangong amoy para kay
Yahweh. 19 Maghahandog kayo ng isang lalaking kambing
para sa isang handog para sa kasalanan, at dalawang
tupang lalaki na isang taong gulang para isang alay, bilang
mga handog ng pagtitipon-tipon. 20 Dapat itataas ng pari
ang mga ito sa harapan ni Yahweh, kasama ang tinapay
sa unang mga prutas, at idulog ang mga ito sa kanya
bilang isang paghahandog kasama ang dalawang tupa.
Mga banal na handog ito kay Yahweh para sa pari. 21
Dapat gumawa kayo ng isang pahayag sa parehong araw
na iyon. Magkakaroon ng isang banal na pagpupulong, at
dapat hindi kayo gagawa ng karaniwang trabaho. Magiging
isang permanenteng batas ito hanggang sa katapusan ng
inyong mga salinlahi sa lahat ng mga lugar kung saan kayo
nakatira. 22 Kapag gagapasin ninyo ang ani ng inyong
lupain, dapat hindi ninyo gagapasin nang lubos ang mga
sulok ng inyong mga bukirin, at dapat hindi ninyo iipunin
ang mga naipon ninyong ani. Dapat ninyong iwanan ang
mga ito para sa mga mahihirap at para sa mga dayuhan.
Ako ay Yahweh na inyong Diyos.'" 23 Kinausap ni Yahweh
si Moises, sinasabi, 24 "Kausapin ang bayan ng Israel at
sabihin, 'Sa ikapitong buwan, ang unang araw ng buwan
na iyon magiging isang mataimtim na pahinga para sa
inyo, isang alaala sa pamamagitan ng pag-ihip ng mga
trumpeta, at isang banal na pagpupulong. 25 Dapat hindi
kayo gagawa ng karaniwang trabaho, at dapat ninyong ialay
ang isang handog na ginawa sa pamamagitan ng apoy kay
Yahweh.'" 26 Pagkatapos kinausap ni Yahweh si Moises,
sinasabi, 27 "Ngayon ang ika-sampung araw ng ikapitong
buwan magiging Araw ng Pambayad ng Kasalanan. Dapat
magiging isang pagpupulong na inilaan kay Yahweh, dapat
magpakumbaba kayo at gumawa ng isang handog na inialay
sa pamamagitan ng apoy para kay Yahweh. 28 Dapat hindi
kayo magtatrabaho sa araw na iyon sapagkat ito ay ang Araw
ng Pambayad ng Kasalanan, upang gawin ang pambayad ng
kasalanan para sa inyong mga sarili sa harapan ni Yahweh
na inyong Diyos. 29 Ang sinumang hindi magpapakumbaba
ng kaniyang sarili sa araw na iyon dapat ihiwalay mula sa
kaniyang mga tao. 30 Ang sinumang gagawa ng trabaho sa
araw na iyon, Ako, Yahweh, lilipulin ko siya mula sa kanyang
mga tao. 31 Dapat hindi kayo gagawa ng kahit anong trabaho

sa araw na iyon. Magiging isang permanenteng batas ito
hanggang sa katapusan ng inyong mga salinlahi sa lahat ng
mga lugar kung saan kayo nakatira. 32 Dapat ang araw na
ito ay maging isang mataimtim na Araw ng Pamamahinga
para sa inyo, at magpakumbaba kayo sa ikasiyam na
buwan. Mula sa gabi hanggang sa susunod na gabi dapat
ninyong panatilihin ang Araw ng inyong Pamamahinga.'
33 Kinausap ni Yahweh si Moises, sinasabi, 34 "Kausapin
ang mga bayan ng Israel, sinasabi, 'Sa ikalabing-limang
araw ng ikapitong buwan magiging Pista ng mga Kanlungan
para kay Yahweh. Magtatagal ito ng pitong araw. 35 Dapat
magkaroon ng isang banal na pagpupulong sa unang araw.
Dapat hindi kayo gagawa ng karaniwang trabaho. 36 Sa
loob ng pitong araw dapat kayong maghandog ng isang
alay na ginawa sa pamamagitan ng apoy para kay Yahweh.
Sa ikawalong araw dapat magkaroon ng isang banal na
pagpupulong, at dapat kayong gumawa ng isang alay na
ihahandog sa pamamagitan ng apoy para kay Yahweh. Ito
ay isang mataimtin na pagpupulong, at hindi kayo gagawa
kahit anong karaniwang trabaho. 37 Ito ay ang itinalagang
mga pista para kay Yahweh, na dapat ninyong ipahayag
bilang banal na mga pagpupulong para maghandog ng alay
na ginawa sa pamamagitan ng apoy para kay Yahweh,
isang handog na susunugin at isang handog na pagkaing
butil, mga alay at mga inuming handog, isa sa bawat araw
nito. 38 Mga pistang ito'y magiging dagdag sa mga Araw
ng Pamamahinga para kay Yahweh at inyong mga regalo,
lahat ninyong mga panata at lahat ninyong kusang loob na
mga handog na inyong ibibigay kay Yahweh. 39 Tungkol
sa Pista ng mga Kanlungan, sa ikalabing-limang araw ng
ikapitong buwan, kapag inipon ninyo ang mga prutas ng
mga lupain, dapat ninyong panatilihin ang pista ni Yahweh
sa loob ng pitong araw. Ang unang araw magiging isang
mataimtim na pahinga, at ang ikawalong araw magiging
isa ring mataimtim na pahinga. 40 Sa unang araw dapat
magdala kayo ng pinakamainam na prutas mula sa mga
puno, mga sanga ng mga puno ng palma, at madahong mga
sanga na mayabong sa mga puno, at mga puno mula sa
batis, at magsasaya kayo sa harapan ni Yahweh na inyong
Diyos sa pitong araw. 41 Sa pitong araw ng bawat taon,
dapat ninyong ipagdiwang itong pista para kay Yahweh.
Magiging permanenteng batas ito hanggang sa katapusan
ng inyong mga salinlahi sa lahat ng mga lugar kung saan
kayo nakatira. Dapat ninyong ipagdiwang itong pista sa
ikapitong buwan. 42 Dapat kayong manirahan sa maliliit na
mga kanlungan sa loob ng pitong araw. Lahat ng likas na
ipinanganak na mga Israelita dapat tumira sa maliliit na mga
kanlungan sa loob ng pitong araw, 43 para ang inyong mga
kaapu-apuhan, angkan sa mga angkan, maaaring malaman
kung papaano ko ginawa ang mga bayan ng Israel na
manirahan sa ganoong mga kanlungan nang inilabas ko sila
sa lupain ng Ehipto. Ako si Yahweh ang inyong Diyos,'" 44
Sa ganitong paraan, ipinahayag ni Moises sa mga bayan ng
Israel ang itinalagang kapistahan para kay Yahweh.

**24** Kinausap ni Yahweh si Moises, sinasabi, 2 "Utusan
ang mga bayan ng Israel para magdala sa iyo ng
dalisay na langis na hinalo mula sa mga olibo para sa langis
ng inyong mga lampara, para laging nasusunog ang mga
ito at magbigay ng liwanag. 3 Sa labas ng kurtina bago
ang mga tipan ng kautusan sa tolda ng pagpupulong, si
Aaron ay dapat tuloy-tuloy, mula gabi hanggang umaga,
panatilihing naka-ilaw ang lampara sa harap ni Yahweh. Ito
ay laging magiging isang batas sa buong angkan ng iyong
mga tao. 4 Ang punong pari ang dapat na magpanatiling
nakailaw ang mga lampara sa harap ni Yahweh, ang mga
lampara sa ilawan ng gintong dalisay. 5 Dapat kang kumuha
ng pinong harina at magluluto ng labindalawang tinapay dito.
Dapat na maging dalawang ikasampung ephah sa bawat
tinapay. 6 Pagkatapos dapat mong ayusin ang mga ito sa
dalawang linya, anim sa bawat linya, sa mesa ng gintong
dalisay sa harap ni Yahweh. 7 Dapat maglagay ng isang
purong insenso sa tabi ng bawat linya ng mga tinapay bilang
isang simbolo ng mga tinapay. Susunugin ang insensong
ito para kay Yahweh. 8 Bawat Araw ng Pamamahinga ang
punong pari ang dapat na palaging maglagay ng tinapay sa
harap ni Yahweh, sa ngalan ng mga tao ng Israel. Bilang
isang tanda ng walang hanggang tipan. 9 Ang pag-aalay
na ito ay para kay Aaron at ng kanyang mga anak na
lalaki. Dapat nilang kainin ito sa isang lugar na banal, dahil
ganap na inilaan ito sa kanya, yamang kinuha ito mula sa
mga alay para kay Yahweh na gawa sa apoy." 10 Ngayon
nangyari na ang anak na lalaki ng isang babaeng Israelita,
na ang ama ay isang taga-Ehipto, sumama sa mga bayan
ng Israel. Itong anak na lalaki ng isang babaeng Israelita
ay nakipag-away sa isang lalaking Israelita sa kampo. 11
Ang anak na lalaki ng babaeng Israelita ay nilapastangan
ang pangalan ni Yahweh at nilait ang Diyos, kaya dinala
siya ng mga tao kay Moises. Ang pangalan ng kanyang ina
ay Shelomith, ang anak na babae ni Dibri, mula sa lipi ni
Dan. 12 Ikinulong siya hanggang ang hatol ni Yahweh ay
ipahayag sa kanilang pasya. 13 Pagkatapos kinausap ni
Yahweh si Moises, sinabi, 14 "Dalhin sa labas ng kampo
ang taong nilait ang Diyos. Lahat ng nakarinig sa kaniya
ay dapat ipatong ang kanilang kamay sa kanyang ulo, at
pagkatapos dapat siyang batuhin ng buong kapulungan. 15
Dapat mong ipaliwanag sa mga tao ng Israel at sabihin,
'Sinumang lumait sa kaniyang Diyos ay dapat dalhin ang
kaniyang pagkakasala. 16 Siya na nilapastanganan ang

pangalan ni Yahweh ay tiyak na malalagay sa kamatayan.
Lahat ng kapulungan ay tiyak na dapat siyang batuhin, kahit
pa nga siya ay isang dayuhan o isang dayuhang Israelita.
Kung sinuman ang lumapastangan sa pangalan ni Yahweh,
dapat siyang malagay sa kamatayan. **17** At ang sinomang
pumatay ng isang tao ay tiyak na dapat ilagay sa kamatayan.
**18** Siya na pumatay ng hayop ng iba ay dapat bayaran ito,
buhay sa buhay. **19** Kapag sinugatan ng isang tao ang
kaniyang kapit-bahay, dapat din gawin sa kaniya ang ginawa
niya sa kanyang kapit-bahay: **20** bali sa bali, mata sa mata,
ngipin sa ngipin. Bilang siya ay nakagawa ng pinsala sa
isang tao, iyon din ang dapat gawin sa kaniya. **21** Sinuman
ang pumatay ng isang hayop ay dapat itong bayaran, at
sinuman ang pumatay ng isang tao ay dapat malagay sa
kamatayan. **22** Dapat kang magkaroon ng magkatulad na
batas para sa kapwa dayuhan at dayuhang Israelita, dahil
ako si Yahweh na inyong Diyos.'" **23** Kaya kinausap ni
Moises ang mga tao ng Israel, at dinala ng mga tao ang
lalaki sa labas ng kampo, na siyang lumait kay Yahweh.
Binato nila siya ng mga bato. Sinunod ng mga tao ng Israel
ang utos ni Yahweh kay Moises.

**25** Nakipag-usap si Yahweh kay Moises sa Bundok Sinai,
na sinasabing, **2** "Makipag-usap ka sa mga tao ng
Israel at sabihin sa kanila, 'Kapag dumating kayo sa lupaing
ibibigay ko sa inyo, sa gayon dapat na magpatupad ang
lupain ng isang Araw ng Pamamahinga para kay Yahweh.
**3** Dapat ninyong taniman ang inyong bukid sa loob ng
anim na taon, at sa loob ng anim na taon dapat ninyong
putulan ang ubasan at tipunin ang mga bunga. **4** Subalit sa
ikapitong taon, isang Araw ng Pamamahinga ng taimtim na
pahinga para sa lupa ang dapat ipatupad, isang Araw ng
Pamamahinga para kay Yahweh. Hindi ninyo dapat taniman
ang inyong bukid o putulan ang inyong ubasan. **5** Hindi kayo
dapat magsagawa ng isinaayos na pag-aani ng anumang
tumutubong mag-isa, at hindi kayo dapat magsagawa ng
isinaayos na pag-aani ng anumang ubas na tumutubo sa
mga hindi pinutulang baging ninyo. Ito ay magiging isang
taon ng taimtim na pahinga para sa lupa. **6** Anuman ang
tumubo sa hindi sinakang lupa sa panahon ng taon ng
Araw ng Pamamahinga ay magiging pagkain para sa inyo.
Kayo, ang inyong mga lalaki at babaeng lingkod, ang inyong
mga upahang lingkod at ang mga dayuhang naninirahan
kasama ninyo ay maaaring magtipon ng pagkain. **7** At ang
inyong mga alagang hayop at saka mga mababangis na
hayop ay maaaring kainin anuman ang tumubo sa lupa. **8**
Dapat kayong bumilang ng pitong taon ng mga Araw ng
Pamamahinga, iyon ay, pitong ulit na pitong taon, upang
magkaroon ng pitong mga Araw ng Pamamahingang taon,
na binubuo ng apatnapu't siyam na taon. **9** Pagkatapos
dapat kayong umihip ng maingay na trumpeta sa lahat ng
dako sa ikasampung araw ng ikapitong buwan. Sa Araw
ng Pagbabayad ng Kasalanan dapat kayong umihip ng
isang trumpeta sa kabuuan ng lahat ng inyong lupain. **10**
Dapat ninyong italaga ang ikalimampung taon kay Yahweh
at magpahayag ng kalayaan sa buong lupain para sa lahat
ng naninirahan dito. Magiging isang Paglaya ito para sa
inyo, kung saan dapat ibalik ang mga ari-arian at mga alipin
sa kanilang mga pamilya. **11** Ang ikalimampung taon ay
magiging isang Paglaya para sa inyo. Hindi kayo dapat
magtanim o gumawa ng isinaayos na pag-aani. Kainin
anuman ang tumutubong mag-isa, at tipunin ang mga ubas
na tumutubo sa hindi pinutulang mga baging. **12** Dahil
isang Paglaya iyon, na magiging banal para sa inyo. Dapat
ninyong kainin ang bungang tumutubong mag-isa mula sa
kabukiran. **13** Dapat ninyong ibalik ang bawat isa sa kanyang
sariling ari-arian sa Taon ng Paglaya. **14** Kung magbebenta
kayo ng anumang lupa sa inyong kapit-bahay o bibili ng
anumang lupa mula sa inyong kapit-bahay, hindi ninyo dapat
dayain o gawan ng masama ang isa't isa. **15** Kung bibili
kayo ng lupa mula sa inyong kapit-bahay, isaalang-alang
ang bilang ng mga taon at mga pananim na maaaring anihin
hanggang sa susunod na Paglaya. Dapat din iyong isaalang-
alang ng inyong kapit-bahay na nagbebenta ng lupa. **16**
Ang higit na malaking bilang ng taon hanggang sa susunod
na Paglaya ay magdaragdag sa halaga ng lupa, at ang
higit na maliit na bilang ng taon hanggang sa susunod na
Paglaya ay magbabawas sa halaga, dahil ang bilang ng
pag-aani na idudulot ng lupa para sa bagong may-ari ay may
kaugnayan sa bilang ng mga taon bago ang susunod na
Paglaya. **17** Hindi ninyo dapat dayain o gawan ng masama
ang isa't isa; sa halip, dapat ninyong parangalan ang inyong
Diyos, sapagkat ako ay Yahweh, na inyong Diyos. **18**
Kaya nga dapat ninyong sundin ang aking mga kautusan,
ingatan ang aking mga batas, at tuparin ang mga iyon. Sa
gayon ligtas kayong mamumuhay sa lupain. **19** Mamumunga
ang lupain, at kakain kayo hanggang mabusog at ligtas
na mamumuhay roon. **20** Maaaring sabihin ninyo, "Anong
kakainin namin sa panahon ng ikapitong taon? Masdan,
hindi kami makakapagtanim o makakapagtipon ng bunga."
**21** Iuutos kong dumating sa inyo ang aking pagpapala sa
ikaanim na taon, at magbibigay ito ng aning sapat para
sa tatlong taon. **22** Magtatanim kayo sa ikawalong taon at
patuloy na kakain mula sa bunga ng mga nakaraang taon at
mga itinagong pagkain. Hanggang sa dumating ang ani ng
ikasiyam na taon, makakakain kayo mula sa mga pagkaing
itinago sa mga nakaraang taon. **23** Hindi dapat ipagbili ang
lupa sa bagong permanenteng may-ari, dahil sa akin ang
lupa. Kayong lahat ay mga dayuhan at pansamantalang

naninirahan sa aking lupain. 24 Dapat ninyong sundin ang
karapatan ng pagtubos para sa lahat ng lupang makamtan
ninyo; dapat ninyong payagang muling bilhin ang lupa ng
pamilya ng kung kanino ninyo ito binili. 25 Kung naging
mahirap ang kapwa ninyo Israelita at dahil doon ipinagbili
ang ilan sa kanyang ari-arian, sa gayon maaaring bilhin
muli ng pinakamalapit niyang kamag-anak ang ari-ariang
ipinagbili niya sa inyo. 26 Kung ang isang tao ay walang
kamag-anak para tumubos ng kanyang ari-arian, subalit
kung umunlad siya at may kakayahang tubusin ito, 27
sa gayon maaari niyang kuwentahin ang mga taon mula
nang ipinagbili ang lupa at bayaran ang nalalabi sa tao na
kung kanino niya ito ipinagbili. Pagkatapos maaari siyang
bumalik sa kanyang sariling ari-arian. 28 Subalit kung hindi
niya kayang bawiin ang lupa para sa kanyang sarili, sa
gayon mananatili ang lupang ipinagbili niya sa pagmamay-
ari ng bumili nito hanggang sa Taon ng Paglaya. Sa Taon
ng Paglaya, ibabalik ang lupa sa taong nagbenta nito, at
babalik ang tunay na may-ari sa kanyang ari-arian. 29 Kung
ang isang tao ay magbebenta ng isang bahay sa isang
pinaderang siyudad, sa gayon maaari niya itong bilhin muli
sa loob ng isang buong taon matapos na ipagbili ito. Sa loob
na isang buong taon magkakaroon siya ng karapatan ng
pagtubos. 30 Kung hindi matubos ang bahay sa loob ng
isang buong taon, sa gayon ang bahay na nasa pinaderang
siyudad ay magiging permanenteng ari-arian ng taong bumili
nito, sa kabuuan ng mga salinhlahi ng kanyang mga kaapu-
apuhan. Hindi na ibabalik ang bahay na iyon sa Paglaya. 31
Subalit ang mga bahay sa mga bayan na walang pader sa
palibot ng mga iyon ay magiging ari-ariang may kaugnayan
sa mga bukirin ng bansa. Maaaring bilhin muli ang mga
iyon, at dapat ibalik ang mga iyon sa panahon ng paglaya.
32 Gayunman, ang mga bahay na pagmamay-ari ng mga
Levita sa kanilang mga siyudad ay maaaring tubusin sa
anumang oras. 33 Kung hindi tutubusin ng isa sa mga Levita
ang bahay na ipinagbili niya, sa gayon dapat ibalik ang
bahay na ipinagbili sa siyudad kung saan ito naroon sa
Paglaya, dahil ang mga bahay sa mga siyudad ng mga
Levita ay ari-arian nila sa gitna ng mga tao ng Israel. 34
Subalit hindi maaring ipagbili ang mga bukid sa palibot ng
kanilang mga siyudad dahil ang mga iyon ay permanenteng
ari-arian ng mga Levita. 35 Kung naging mahirap ang kapwa
kababayan ninyo, kung kaya hindi na niya kayang itaguyod
ang kanyang sarili, sa gayon dapat ninyo siyang tulungan
tulad ng tutulungan ang isang dayuhan o sino pa mang
naninirahan bilang tagalabas na kasama ninyo. 36 Huwag
siyang singilin ng tubo o subukang kumita mula sa kanya sa
anumang paraan, ngunit parangalan ang inyong Diyos upang
ang kapatid ninyo ay makapanatiling namumuhay kasama
ninyo. 37 Hindi ninyo siya dapat bigyan ng pautang na pera
at patawan ng tubo, ni pagbilhan ng iyong pagkain upang
kumita. 38 Ako ay Yahweh na inyong Diyos na naglabas sa
inyo mula sa lupain ng Ehipto, upang ibigay ko sa inyo ang
lupain ng Canaan, at upang ako ay maging Diyos ninyo.
39 Kung maging mahirap ang kapwa kababayan ninyo at
ipagbili ang kanyang sarili sa inyo, hindi ninyo siya dapat
pagtrabahuhin tulad ng isang alipin. 40 Ituring siyang isang
upahang lingkod. Dapat siyang maging tulad ng isang taong
pansamantalang naninirahan kasama ninyo. Maglilingkod
siya sa inyo hanggang sa Taon ng Paglaya. 41 Pagkatapos
aalis siya mula sa inyo, siya at ang kanyang mga anak na
kasama niya, at babalik siya sa kanyang sariling pamilya
at sa ari-arian ng kanyang ama. 42 Sapagkat mga lingkod
ko sila na inilabas ko mula sa lupain ng Ehipto. Hindi
sila ipagbibili bilang mga alipin. 43 Hindi ninyo sila dapat
pamunuan nang malupit, subalit dapat ninyong parangalan
ang inyong Diyos. 44 Para sa inyong mga aliping lalaki at
babae, na maaari ninyong makuha mula sa mga bansang
naninirahan sa palibot ninyo, maaari kayong bumili ng mga
alipin mula sa kanila. 45 Maaari rin kayong bumili ng mga
alipin sa mga dayuhang naninirahan kasama ninyo, iyon
ay, mula sa kanilang mga pamilyang kasama ninyo, mga
batang ipinanganak sa inyong lupain. Maaari ninyo silang
maging ari-arian. 46 Maaari ninyong ibigay ang ganyang
mga alipin bilang isang pamana sa inyong mga anak na
kasunod ninyo, para panghawakan bilang ari-arian. Mula
sa kanila ay maaari kayong palaging bumili ng inyong mga
alipin, ngunit hindi ninyo dapat pamunuan ang mga tao ng
Israel nang may pagmamalupit. 47 Kung isang dayuhan
o isang taong pansamantalang naninirahan kasama ninyo
ang naging mayaman, at kung isa sa mga kapwa ninyo
Israelita ang naging mahirap at ipagbili ang kanyang sarili sa
dayuhang iyon, o sa isang tao sa pamilya ng isang dayuhan,
48 matapos na ang inyong kapwa Israelita ay nabili, maaari
siyang muling bilhin. Isang tao sa kanyang pamilya ang
maaaring tumubos sa kanya. 49 Marahil ang tiyuhin ng tao o
anak ng kanyang tiyuhin ang siyang tutubos sa kanya, o
sinumang malapit na kamag-anak niya mula sa kanyang
pamilya. O, kung naging maunlad siya, maaari niyang
tubusin ang kanyang sarili. 50 Dapat siyang makipagtawaran
sa taong bumili sa kanya; dapat niyang bilangin ang mga
taon mula sa taong ipinagbili niya ang kanyang sarili sa
nakabili sa kanya hanggang sa Taon ng Paglaya. Ang halaga
ng kanyang katubusan ay dapat kuwentahin alinsunod sa
halagang ibabayad sa isang upahang lingkod, para sa bilang
ng mga taon na maaari siyang patuloy na magtrabaho
para sa bumili sa kanya. 51 Kung may maraming taon
pang natitira hanggang sa Paglaya, dapat siyang magbalik

bayad bilang halaga para sa kanyang katubusan ng isang
katumbas na dami ng perang angkop sa bilang ng mga
taong iyon. **52** Kung may ilang taon na lamang tungo sa
Taon ng Paglaya, sa gayon ay dapat siyang makipagtawaran
sa nakabili sa kanya upang ipakita ang bilang ng mga taong
natitira bago ang Paglaya, at dapat siyang magbayad para
sa kanyang katubusan alinsunod sa bilang ng mga taon. **53**
Dapat siyang ituring bilang isang taong inuupahan taun-
taon. Dapat ninyong tiyaking hindi siya mapagmalupitan.
**54** Kung hindi siya matutubos sa mga paraang ito, dapat
siyang maglingkod hanggang sa Taon ng Paglaya, siya at
ang kanyang mga anak na kasama niya. **55** Para sa akin
ang mga tao ng Israel ay mga lingkod. Mga lingkod ko sila
na inilabas ko mula sa lupain ng Ehipto. Ako ay Yahweh na
inyong Diyos.'”

**26** “Dapat huwag kayong gumawa ng mga rebulto, ni
hindi kayo magtatayo ng mga nililok na mga larawan
o isang sagradong batong haligi at dapat huwag kayong
maglagay sa inyong lupain ng anumang hinulma na imaheng
bato na inyong yuyukudan, sapagkat ako si Yahweh na
inyong Dios. **2** Dapat ninyong isagawa ang aking mga Araw
ng Pamamahinga at parangalan ang aking santuwaryo.
Ako si Yahweh. **3** Kung lalakad kayo sa aking mga batas
at isaisip ang aking mga utos at susundin ang mga ito,
**4** Sa gayon bibigyan ko kayo ng ulan sa kapanahunan
nito; mapapakinabangan ang lupain at magbibigay ang
mga punong kahoy sa bukid ng kanilang mga bunga. **5**
Magpapatuloy ang inyong paggiik hanggang sa panahon
ng aning ubas at aabot ang aning ubas hanggang sa
panahon ng pagtatanim. Kakainin ninyo ang inyong tinapay
ng sagana at mamumuhay ng ligtas sa ginawa ninyong
tahanan sa lupain; **6** Magbibigay ako ng kapayapaan sa
lupain; hihiga kayo ng walang kahit na anong kinatatakutan.
Aalisin ko ang mga mababangis na hayop mula sa lupain at
hindi dadaan ang espada sa inyong lupain. **7** Hahabulin
ninyo ang inyong mga kaaway at babagsak sila sa inyong
harapan sa pamamagitan ng espada. **8** Hahabulin ng lima
sa inyo ang isang daan at hahabulin ng isang daan sa inyo
ang sampung libo; babagsak ang inyong mga kaaway sa
inyong harapan sa pamamagitan ng espada. **9** Titingnan ko
kayo ng may pagkampi at gagawin ko kayong mabunga at
pararamihin kayo; Itatatag ko ang aking tipan sa inyo. **10**
Kakain kayo ng pagkaing inimbak ng mahabang panahon.
Kakailanganin ninyong ilabas ang inyong inimbak na pagkain
dahil kakailanganin ninyo ng lugar para sa bagong ani. **11**
Ilalagay ko ang aking tabernakulo sa inyo at hindi ko kayo
itatakwil. **12** Maglalakad ako kasama ninyo, magiging Diyos
ninyo at magiging bayan ko kayo. **13** Ako si Yahweh na
inyong Dios na nagdala sa inyo palabas mula sa lupain
ng Ehipto, nang sa ganoon hindi na nila kayo magiging
mga alipin. Winasak ko ang mga rehas ng inyong yugo
at pinalakad kayo ng matuwid. **14** Pero kung hindi kayo
makikinig sa akin at hindi sumunod sa lahat ng mga utos na
ito, **15** at kung tatanggihan ninyo ang aking mga kautusan
at kung kamumuhian ang aking mga batas, na hindi ninyo
susundin ang lahat ng aking mga utos, pero susuwayin
ko ang tipan— **16** —kung gagawin ninyo ang mga bagay
na ito, ay gagawin ko ito sa inyo: pahihirapan ko kayo ng
katakot-takot, sisirain ang mga mata at unti-unting uubusin
ang inyong buhay ng mga sakit at lagnat. Magtatanim kayo
ng inyong mga binhi para sa wala, dahil ang inyong mga
kaaway ang kakain ng bunga ng mga ito. **17** Tatalikuran ko
kayo at dadaigin kayo ng inyong mga kaaway. Pamumunuan
kayo ng mga taong galit sa inyo at tatakas kayo kahit walang
humahabol sa inyo. **18** Kung hindi kayo makikinig sa aking
mga utos, ay paparusahan ko kayo ng pitong beses ang
tindi para sa inyong mga kasalanan. **19** Babaliin ko ang
inyong pinagmamalaking kapangyarihan. Gagawin ko ang
langit sa inyong itaas na parang bakal at ang inyong lupain
na parang tanso. **20** Mauubos ang inyong lakas para sa
wala, sapagkat hindi magkakaroon ang inyong lupa ng ani
at hindi mamumunga ang inyong mga punong kahoy na
nasa lupain. **21** Kung maglalakad kayo laban sa akin at
hindi makikinig sa akin, magdadala ako sa inyo ng pitong
beses pang palo na katumbas ng inyong mga kasalanan.
**22** Magpapadala ako ng mapanganib na mga hayop laban
sa inyo na magnanakaw ng inyong mga anak, lilipol ng
inyong mga baka at magpapakaunti ng inyong bilang. Kaya
magiging pinabayaan ang inyong mga daanan. **23** Kung
sa lahat ng ito, hindi niyo pa rin tinatanggap ang aking
pagtuturo, sa halip nagpatuloy na lumakad laban sa akin,
**24** Pagkatapos lalakad din ako laban sa inyo. Ako mismo
ang magpapatama sa inyo ng pitong beses na palo para
sa inyong mga kasalanan. **25** Magdadala ako ng espada
sa inyo na gagawa ng paghihiganti dahil sa pagsuway
sa aking mga utos. Maiipon kayo sa loob ng inyong mga
siyudad at magpapadala ako ng mga sakit sa inyo doon
at matatalo kayo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng
inyong kaaway. **26** Kapag puputulin ko ang tustos ng inyong
pagkain, sampung mga kababaihan ang makakaluto ng
inyong tinapay sa isang hurnohan, at ipamamahagi nila
ang inyong tinapay ayon sa timbang. Kakain kayo ngunit
hindi mabubusog. **27** Kung hindi kayo makikinig sa akin
kahit pa na may mga ganitong bagay, at sa halip patuloy na
lumakad laban sa akin, **28** ay lalakad ako laban sa inyo sa
galit at paparusahan ko kayo ng kahit pitong beses pang
ulit na katumbas ng inyong mga kasalanan. **29** Kakainin
ninyo ang laman ng inyong mga anak na lalaki; kakainin

ninyo ang laman ng inyong mga anak na babae. 30 Gigibain
ko ang inyong mga altar, pupututlin ko ang inyong mga
altar ng insenso, at itatapon ang inyong mga bangkay sa
ibabaw ng bangkay ng inyong mga diyos-diyosan, at ako
mismo, kasusuklaman kayo. 31 Gagawin kong sira-sirang
lugar ang inyong mga lungsod at sisirain ang inyong mga
santuwaryo. Hindi ako malulugod sa samyo ng inyong mga
handog. 32 Sisirain ko ang lupain. Sobrang mabibigla ang
inyong mga kaaway na naninirahan doon sa pagkakasira. 33
Ikakalat ko kayo sa mga bansa, at bubunutin ko ang aking
espada at susundan kayo. Pababayaan ang inyong lupain
at magiging sira-sira inyong mga lungsod. 34 Pagkatapos
magsasaya ang lupain sa mga Araw ng Pamamahinga nito
hangga't nananatili itong pinabayaan at nasa lupain kayo ng
inyong mga kaaway. Sa panahong iyon, mamamahinga ang
lupain at magpapakasaya sa mga Araw ng Pamamahinga
nito. 35 Hangga't nananatili itong pinabayaan, maangkin nito
ang pamamahinga, pamamahinga na hindi nito naangkin
sa inyong mga Araw ng Pamamahinga, noong nanirahan
kayo sa lupaing iyon. 36 At para doon sa mga natira sa
inyo sa mga lupain ng mga kaaway, magpapadala ako
ng takot sa inyong mga puso na kahit pa na sa tunog ng
isang dahon na hinihipan sa hangin, magugulantang kayo
at tatakas kayo na parang tinatakasan ninyo ang espada.
Babagsak kayo kahit na wala namang humahabol sa inyo.
37 Madadaganan ninyo ang isa't isa na parang tinatakbuhan
ninyo ang espada, kahit na wala namang humahabol sa
inyo. Hindi kayo magkakaroon ng kapangyarihan na tumayo
sa harap ng inyong mga kaaway. 38 Maglalaho kayo sa mga
nabibilang na mga bansa, at ang lupain mismo ng inyong
mga kaaway ang lalamon sa inyo. 39 'Yung mga natitira
sa inyo, mabubulok sa kanilang mga kasalanan doon sa
mga lupain ng inyong mga kaaway, at dahil sa kasalanan
ng kanilang mga ama, mabubulok din sila. 40 Ngunit kung
aamin sila sa kanilang mga kasalanan at sa kasalanan ng
kanilang mga ama, at sa kanilang kataksilan na pagiging
hindi tapat sa akin at sa kanilang paglalakad laban sa akin—
41 na nagdulot sa akin upang talikuran sila at ibigay sila sa
lupain ng kanilang mga kaaway—kung magpapakumbaba
ang kanilang hindi pa tuli na mga puso, at kung tatanggapin
nila ang kaparusahan ng kanilang mga kasalanan, 42
ay isasaisip ko ang aking kasunduan kay Jacob, aking
kasunduan kay Isaac, at ang aking kasunduan kay Abraham;
gayun din, na isasaisip ko ang lupain. 43 Pinabayaan
nila ang lupain, nang sa ikalugod nito ang mga Araw ng
Pamamahinga hangga't nananatili itong pinabayaan nila.
Kinailangan nilang pagbayaran ang kaparusahan para sa
kanilang mga kasalanan sapagkat sila mismo ang tumanggi
sa aking mga iniatas at namuhi sa aking mga batas. 44 Pero
sa kabila ng lahat ng ito, kapag nasa lupain sila ng kanilang
mga kaaway, hindi ko sila kamumuhian na tuluyan silang
lipulin at hindi pupututlin ang aking tipan sa kanila, sapagkat
ako si Yahweh na kanilang Diyos. 45 Pero para sa kanilang
kapakanan isasaisip ko ang tipan sa kanilang mga ninuno,
na siyang aking dinala palabas mula sa lupain ng Ehipto
na nasaksihan ng mga bansa, upang ako ay maging Diyos
nila. Ako si Yahweh." 46 Ito ang mga utos, kautusan, at mga
batas na ginawa ni Yahweh sa pagitan ng kanyang sarili at
ng mga tao ng Israel sa Bundok Sinai sa pamamagitan ni
Moises.

27 Nangusap si Yahweh kay Moises at sinabi, 2 "Magsalita
ka sa mga tao ng Israel at sabihin sa kanila, 'Kapag
gagawa ang isang tao ng isang natatanging panata na
nangangailangang gumamit siya ng isang pamantayang
halaga ng isang tao na ilalaan niya kay Yahweh, gamitin ang
sumusunod na mga halaga. 3 Ang inyong pamantayang
halaga para sa isang lalaki mula dalawampu hanggang
animnapung taong gulang ay dapat limampung siklo ng pilak,
batay sa siklo ng santuwaryo. 4 Ang inyong pamantayang
halaga para sa isang babae sa parehong gulang ay dapat
tatlumpung siklo. 5 Mula limang taon hanggang dalawampung
taong gulang ang inyong pamantayang halaga ay dapat
dalawampung siklo para sa lalaki, at sampung siklo para
sa babae. 6 Mula isang buwang gulang hanggang limang
taon ang inyong pamantayang halaga ay dapat limang siklo
ng pilak para sa isang lalaki, at tatlong siklo ng pilak para
sa isang babae. 7 Mula animnapung taong gulang pataas
ang inyong pamantayang halaga para sa isang lalaki ay
dapat labin limang siklo, at sampung siklo para sa isang
babae. 8 Pero kung ang taong gumawa ng panata ay hindi
makabayad ng pamantayang halaga, kung gayon dapat
iharap sa pari ang taong ibinigay, at bibigyang halaga ng pari
ang taong iyon sa pamamagitan ng halagang makakaya ng
isang gumagawa ng panata. 9 Kung gusto ng isang tao na
mag-alay ng isang hayop kay Yahweh, at kung tatanggapin
ito ni Yahweh, sa gayon ang hayop na iyon ay ilalaan sa
kanya. 10 Hindi dapat baguhin o palitan ng isang tao ang
isang hayop na iyon, isang mabuti para sa isang masama o
isang masama para sa isang mabuti. Kung gagawin niyang
baguhin ang isa para sa iba, sa gayon parehong mga hayop
at ang isa na ipinagpalit ay magiging banal. 11 Gayunman,
kung ang panunumpa ng isang tao na ibigay kay Yahweh ay
totoong marumi, kung kaya hindi ito tatanggapin ni Yahweh,
sa gayon dapat dalhin ng tao ang hayop sa isang pari. 12
Bibigyang halaga ito ng pari, sa pamamagitan ng halaga
ng hayop sa pamilihan. Anuman ang halaga na ibinigay
ng pari sa hayop, iyon ang magiging halaga nito. 13 At
kung nais ng may-ari na tubusin ito, ang ikalima ng halaga

nito ay idadagdag sa pantubos na presyo nito. 14 Kung
ninanais ng isang tao na ilaan ang kaniyang bahay para
ibukod para kay Yahweh, sa gayon tatantiyahin ng pari ang
halaga nito. Anuman ang ibibigay na halaga ng pari dito,
iyon ang magiging halaga nito. 15 Pero kung ilalaan ng may-
ari ang kaniyang tahanan at katagalan ninais na tubusin ito,
ang ikalima ng halaga nito ay idadagdag sa pantubos na
presyo, at pagkatapos magiging kaniyang muli ang bahay.
16 Kung ninanais ng isang tao na ilaan kay Yahweh ang ilan
sa kaniyang lupa, sa gayon ang pagtataya ng halaga nito
ay gagawin alinsunod sa halaga ng binhing kinakailangan
upang itanim dito. Magkakahalaga ng limampung siklo ng
pilak ang isang homer ng sebada. 17 Kung ilalaan niya
ang kaniyang bukid sa panahon ng Taon ng Paglaya, ang
tinatayang halaga ay mananatili. 18 Pero kung ilalaan niya
ang kaniyang bukid pagkatapos ng Paglaya, sa gayon dapat
kwentahin ng pari ang halaga ng lupa ayon sa bilang ng
mga taon na natitira hanggang sa susunod na Taon ng
Paglaya, at dapat bawasan ang tinatayang halaga. 19 Kung
ang taong naglaan ng bukid ay nagnanais na tubusin ito, sa
gayon dapat siyang magdagdag ng ikalima sa tinatayang
halaga, at ito ay magiging kaniyang muli. 20 Kung hindi
niya tutubusin ang bukid, o kung ipagbili niya ang bukid sa
ibang tao, hindi na ito matutubos kailanman. 21 Sa halip,
ang bukid, kapag ibinalik ito sa Paglaya, magiging isang
banal na regalo kay Yahweh, katulad ng bukid na ganap na
ibinigay kay Yahweh. Mabibilang ito sa pari. 22 Kung ilalaan
ng isang tao kay Yahweh ang bukid na kanyang binili, pero
ang bukid na iyon ay hindi bahagi ng lupain ng kanyang
pamilya, 23 pagkatapos aalamin ng pari ang tinatayang
halaga hanggang sa Taon ng Paglaya, at dapat bayaran
ng tao ang halaga sa araw na iyon bilang isang banal na
regalo kay Yahweh. 24 Sa Taon ng Paglaya, ibabalik ang
bukid sa tao kung kanino ito binili, sa may-ari ng lupa. 25
Dapat na itakda ang lahat ng mga tinatayang mga halaga
ayon sa timbang ng santuwaryong siklo. Dalawampung gera
ang dapat na katumbas ng isang siklo. 26 Pero ang unang
anak ng mga hayop ay nabibilang na kay Yahweh at walang
tao ang maaaring maglaan nito—maging lalaking baka o
tupa—sapagkat ito ay nabibilang kay Yahweh. 27 Kung
ito ay isang maruming hayop, maaaring bilhin itong muli
ng may-ari sa tinatayang halaga, at dapat na idagdag ang
ikalima sa halagang iyon. Kung hindi tinubos ang hayop, sa
gayon ipagbibili ito sa itinakdang halaga. 28 Gayunman,
walang taong maglalaan kay Yahweh mula sa anumang
bagay na mayroon siya, maging tao o hayop, o lupa ng
kanyang pamilya, na maaaring ipagbili o tinubos. Bawat
inilaan na bagay ay banal kay Yahweh. 29 Walang pantubos
ang maaaring ibayad para sa taong ibinukod para patayin.
Dapat patayin ang taong iyon. 30 Lahat ng ikapu ng lupain,
maging tumubong butil sa lupa o bunga mula sa mga puno,
ay kay Yahweh. Banal ito kay Yahweh. 31 Kung tutubusin
ng isang tao ang alinman sa kanyang ikapu, dapat siyang
magdagdag ng ikalima sa halaga nito. 32 Para sa lahat ng
ikapu ng grupo ng mga hayop o ang kawan, anuman ang
dumaan sa ilalim ng tungkod ng pastol, dapat ilaan kay
Yahweh ang ikasampu. 33 Hindi dapat humanap ang pastol
ng higit na mabuti o higit na masamang mga hayop, at hindi
niya maaaring ipagpalit ang isa para sa iba. Kung papalitan
man niya ito, magiging banal ang parehong mga hayop at
iyon na kung saan ito ipinagpalit. Hindi ito matutubos.'" 34 Ito
ang mga utos na ibinigay ni Yahweh kay Moises sa Bundok
Sinai para sa mga bayan ng Israel.

# Mga Bilang

**1** Nagsalita si Yahweh kay Moises sa tolda ng pagpupulong
sa ilang ng Sinai. Nangyari ito sa unang araw ng
ikalawang buwan sa loob ng ikalawang taon matapos na
makalabas ang mga tao ng Israel mula sa lupain ng Ehipto.
Sinabi ni Yahweh, **2** “Magsagawa ka ng isang pagbibilang
sa lahat ng kalalakihan ng Israel sa bawat angkan, sa
mga pamilya ng kanilang mga ama. Bilangin mo sila ayon
sa kanilang mga pangalan. Bilangin mo ang bawat lalaki,
ang bawat lalaking **3** dalawampung taong gulang pataas.
Bilangin mo ang lahat ng maaaring makipaglaban bilang
mga kawal para sa Israel. Dapat ninyong itala ni Aaron
ang bilang ng mga kalalakihan sa kanilang armadong mga
grupo. **4** Ang isang lalaki mula sa bawat tribu, ang isang
ulo ng angkan ay dapat maglingkod sa iyo bilang pinuno
ng tribu. Dapat pangunahan ng bawat pinuno ang mga
kalalakihang makikipaglaban para sa kaniyang tribu. **5** Ito
ang mga pangalan ng mga pinunong dapat makipaglaban
na kasama mo: Mula sa tribu ni Ruben, si Elizur na anak na
lalaki ni Sedeur; **6** sa tribu ni Simeon, si Selumiel na anak
na lalaki ni Zurisaddai; **7** mula sa tribu ni Juda, si Naason
na anak na lalaki ni Aminadab; **8** mula sa tribu ni Isacar,
si Natanael na anak na lalaki ni Zuar; **9** mula sa tribu ni
Zebulon, si Eliab na anak na lalaki ni Helon; **10** mula sa tribu
ni Efraim na anak na lalaki ni Jose ay si Elisama na anak
na lalaki ni Ammiud; mula sa tribu ni Manases, si Gamaliel
na anak na lalaki ni Pedasur; **11** mula sa tribu ni Benjamin
na anak na lalaki ni Jose ay si Abidan na anak na lalaki ni
Gideon; **12** mula sa tribu ni Dan, si Ahiezer na anak na lalaki
ni Ammisaddai; **13** mula sa tribu ni Aser, si Pagiel na anak
na lalaki ni Okran; **14** mula sa tribu ni Gad, si Eliasaf na
anak na lalaki ni Deuel; **15** at mula sa tribu ni Neftali, si Ahira
na anak na lalaki ni Enan. **16** Ito ang mga lalaking pinili mula
sa mga tao. Pinangunahan nila ang mga tribu ng kanilang
mga ninuno. Sila ang mga pinuno ng mga angkan sa Israel.
**17** Ang mga lalaking ito ay kinuha nina Moises at Aaron, na
kanilang naitala sa pamamagitan ng pangalan, **18** at sa tabi
ng mga lalaking ito, tinipon nila ang lahat ng mga kalalakihan
ng Israel sa unang araw ng ikalawang buwan. At bawat
lalaking dalawampung taong gulang pataas ay kinilala ang
kaniyang kanunu-nunuan. Dapat niyang pangalanan ang
mga angkan at ang mga pamilyang nagmula sa kaniyang
mga ninuno. **19** Pagkatapos, itinala ni Moises ang kanilang
mga bilang sa ilang ng Sinai, gaya ng inuutos ni Yahweh na
kaniyang gawin. **20** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Ruben,
panganay na anak ni Israel, binilang nila ang lahat ng mga
pangalan ng lalaking dalawampung taong gulang pataas
na kayang pumunta sa digmaan, mula sa mga talaan ng
mga angkan ng kanilang ninuno at mga pamilya. **21** 46, 500
na kalalakihan ang nabilang nila mula sa tribu ni Ruben.
**22** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Simeon ay binilang nila
ang lahat ng pangalan ng bawat lalaking dalawampung
taong gulang pataas na kayang pumunta sa digmaan, mula
sa mga talaan ng mga angkan ng kanilang ninuno at mga
pamilya. **23** 59, 300 na kalalakihan ang nabilang nila mula
sa tribu ni Simeon. **24** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Gad ay
binilang nila ang lahat ng mga pangalan ng bawat lalaking
dalawampung taong gulang pataas na kayang pumunta sa
digmaan, mula sa mga talaan ng mga angkan ng kanilang
ninuno at mga pamilya. **25** 45, 650 na kalalakihan ang
nabilang nila mula sa tribu ni Gad. **26** Mula sa mga kaapu-
apuhan ni Juda ay binilang nila ang lahat ng mga pangalan
ng bawat lalaking dalawampung taong gulang pataas na
kayang pumunta sa digmaan, mula sa mga talaan ng mga
angkan ng kanilang ninuno at mga pamilya. **27** 74, 600 na
kalalakihan ang nabilang nila mula sa tribu ni Juda. **28** Mula
sa mga kaapu-apuhan ni Isacar ay binilang nila ang lahat ng
mga pangalan ng bawat lalaking dalawampung taong gulang
pataas na kayang pumunta sa digmaan, mula sa mga talaan
ng mga angkan ng kanilang ninuno at mga pamilya. **29** 54,
400 na kalalakihan ang nabilang nila mula sa tribu ni Isacar.
**30** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Zebulon ay binilang nila
ang lahat ng mga pangalan ng bawat lalaking dalawampung
taong gulang pataas na kayang pumunta sa digmaan, mula
sa mga talaan ng mga angkan ng kanilang ninuno at mga
pamilya. **31** 57, 400 na kalalakihan ang nabilang nila mula
sa tribu ni Zebulon. **32** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Efraim
na anak na lalaki Jose ay binilang nila ang lahat ng mga
pangalan ng bawat lalaking dalawampung taong gulang
pataas na kayang pumunta sa digmaan, mula sa mga talaan
ng mga angkan ng kanilang ninuno at mga pamilya. **33** 40,
500 na kalalakihan ang nabilang nila mula sa tribu ni Efraim.
**34** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Manases ay binilang nila
ang lahat ng mga pangalan ng bawat lalaking dalawampung
taong gulang pataas na kayang pumunta sa digmaan, mula
sa mga talaan ng mga angkan ng kanilang ninuno at mga
pamilya. **35** 32, 200 na kalalakihan ang nabilang nila mula sa
tribu ni Manases. **36** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Benjamin
ay binilang nila ang lahat ng mga pangalan ng bawat lalaking
dalawampung taong gulang pataas na kayang pumunta sa
digmaan, mula sa mga talaan ng mga angkan ng kanilang
ninuno at mga pamilya. **37** 35, 400 na kalalakihan ang
nabilang nila mula sa tribu ni Benjamin. **38** Mula sa mga
kaapu-apuhan ni Dan ay binilang nila ang lahat ng mga
pangalan ng bawat lalaking dalawampung taong gulang
pataas na kayang pumunta sa digmaan, mula sa mga talaan
ng mga angkan ng kanilang ninuno at mga pamilya. **39** 62,

700 ang nabilang nila mula sa tribu ni Dan. 40 Mula sa mga
kaapu-apuhan ni Aser ay binilang nila ang lahat ng mga
pangalan ng bawat lalaking dalawampung taong gulang
pataas na kayang pumunta sa digmaan, mula sa mga talaan
ng mga angkan ng kanilang ninuno at mga pamilya. 41 , 500
na kalalakihan ang nabilang nila mula sa tribu ni Aser. 42
Mula sa mga kaapu-apuhan ni Neftali ay binilang nila ang
lahat ng mga pangalan ng bawat lalaking dalawampung
taong gulang pataas na kayang pumunta sa digmaan, mula
sa mga talaan ng mga angkan ng kanilang ninuno at mga
pamilya. 43 53, 400 ang nabilang nila mula sa tribu ni Neftali.
44 Binilang nina Moises at Aaron ang lahat ng mga lalaking
ito, kasama ang labindalawang kalalakihang namumuno sa
labindalawang tribu ng Israel. 45 Kaya lahat ng kalalakihan
sa Israel mula sa dalawampung taong gulang pataas, lahat
nang maaaring makipaglaban sa digmaan ay binilang nila sa
bawat kanilang mga pamilya. 46 603, 550 na kalalakihan
ang nabilang nila. 47 Ngunit hindi na nila binilang ang mga
kalalakihang nagmula kay Levi, 48 dahil sinabi ni Yahweh
kay Moises, 49 "Hindi mo dapat bilangin ang tribu ni Levi o
isama sila sa kabuuang bilang ng mga tao sa Israel. 50 Sa
halip, italaga mo ang mga Levita na ingatan ang tabernakulo
ng toldang tipanan, at ingatan ang buong kagamitan sa loob
ng tabernakulo at sa lahat ng kagamitang naroon. Dapat
buhatin ng mga Levita ang tabernakulo at dapat nilang
dalhin ang mga kagamitan sa nito. Dapat nilang ingatan
ang tabernakulo at itayo ang kanilang kampo sa paligid
nito. 51 Kapag ang tabernakulo ay ililipat na sa ibang lugar,
dapat itong ibaba ng mga Levita. Kapag ang tabernakulo ay
itatayo, dapat itong itayo ng mga Levita. At ang sinumang
dayuhang lalapit sa tabernakulo ay dapat patayin. 52 Kapag
itatayo ng mga tao ng Israel ang kanilang mga tolda, dapat
itong gawin ng bawat lalaki malapit sa bandilang nabibilang
sa kaniyang armadong grupo. 53 Gayon pa man, dapat
itayo ng mga Levita ang kanilang mga tolda sa paligid ng
tabernakulo ng toldang tipanan upang hindi bumaba ang
aking galit sa mga tao ng Israel. Dapat ingatan ng mga Levita
ang tabernakulo ng toldang tipanan." 54 Ginawa ng mga tao
ng Israel ang lahat ng mga bagay na ito. Ginawa nila ang
lahat na inutos ni Yahweh sa pamamagitan ni Moises.

**2** Muling nagsalita si Yahweh kina Moises at Aaron.
Kaniyang sinabi, 2 "Ang bawat kaapu-apuhan ng mga
Israelita ay dapat magkampo sa palibot ng bandila ng
kaniyang armadong grupong nabibilang sa hukbo at sa
palibot ng pinakamaliit na watawat na palatandaan sa
kaniyang tribu. Ang kanilang mga kampo ay dapat nakaharap
sa tolda ng pagpupulong. 3 Dapat magkampo ang mga
lalaking nabibilang sa kampo ni Juda kasama ang kanilang
armadong grupo sa palibot ng bandila ni Juda, sa silangan
ng tolda ng pagpupulong, kung saan sumisikat ang araw.
Si Naason na anak ni Amminadab ang dapat mamuno sa
hukbo ni Juda. 4 Ang hukbo ni Juda ay may 74, 600 na
kalalakihan. 5 Dapat magkampo ang tribu ni Isacar kasunod
ni Juda. Si Nethanael na anak ni Zuar ang dapat mamuno
sa hukbo ni Isacar. 6 Ang hukbo ni Isacar ay may 54, 400
na kalalakihan. 7 Dapat magkampo ang tribu ni Zebulon
kasunod ng kampo ni Isacar. Si Eliab na anak ni Helon
ang dapat mamuno sa hukbo ni Zebulun. 8 Ang hukbo
ni Zebulon ay may 57, 400 na kalalakihan. 9 Ang lahat
ng hukbong nagkampo kasama si Juda ay 186, 400 na
kalalakihan. Sila ang dapat maunang lumabas mula sa
kampo. 10 Dapat magkampo ang mga hubo sa katimugang
bahagi sa palibot ng bandila ni Ruben. Si Elizur na anak
ni Shedeur ang dapat mamuno sa hukbo ni Ruben. 11
Ang hukbo ni Ruben ay may 46, 500 na kalalakihan. 12
Dapat magkampo ang tribu ni Simeon kasunod ni Ruben.
Si Selumiel na anak ni Zurisaddai ang dapat mamuno sa
hukbo ni Simeon. 13 Ang hukbo ni Simeon ay may 59, 300
na kalalakihan. 14 Sumunod ang tribu ni Gad. Si Eliasaf na
anak ni Deuel ang dapat mamuno sa hukbo ni Gad. 15 Ang
hukbo ni Gad ay may 45, 650 na kalalakihan. 16 Ang lahat
ng mga hukbong dapat magkampong kasama ni Ruben
ay may bilang na 151, 450 na kalalakihan. Sila ang dapat
pangalawang lumabas mula sa kampo. 17 Susunod, dapat
lumabas mula sa kampo ang tolda ng pagpupulong kasama
ng mga Levita sa gitna ng lahat ng kampo. Dapat lalabas sila
mula sa kampo sa parehong pagkakaayos gaya ng kanilang
pagpasok sa loob ng kampo. Ang bawat lalaki ay dapat
nasa kaniyang kinalalagyan, sa tabi ng kaniyang bandila. 18
Dapat magkampo ang hukbo ng Efraim sa dakong kanluran
ng tolda ng pagpupulong. Si Elishama na anak ni Ammiud
ang dapat mamuno sa hukbo ng Efraim. 19 Ang hukbo
ng Efraim ay may 40, 500 na kalalakihan. 20 Dapat ang
tribu ni Manases ang magkampong kasunod ng Efraim.
Si Gamaliel na anak ni Pedasur ang dapat mamuno sa
hukbo ni Manases. 21 Ang hukbo ng Manases ay may 32,
200 na kalalakihan. 22 Susunod ang tribu ni Benjamin. Si
Abidan na anak ni Gideon ang dapat mamuno sa hukbo ni
Benjamin. 23 Ang hukbo ni Manases ay may 35, 400 na
kalalakihan. 24 Lahat ng mga hukbong nagkampong kasama
ni Efraim ay may bilang na 108, 100 na kalalakihan. Sila
ang pangatlong dapat lumabas mula sa kampo. 25 Dapat
magkampo ang hukbo ni Dan sa palibot ng kaniyang bandila
sa dakong hilaga ng tabernakulo. Si Ahieser na anak ni
Ammisaddai ang dapat mamuno sa mga kaapu-apuhan ni
Dan. 26 Ang hukbo ni Dan ay may 62, 700 na kalalakihan.
27 Dapat magkampo ang tribu ni Aser kasunod ni Dan. Si
Pagiel na anak ni Okran ang dapat mamuno sa mga kaapu-

apuhan ni Aser. 28 Ang hukbo ni Aser ay may 41, 500 na
kalalakihan. 29 Ang sumunod ay ang tribu ni Neftali. Si
Ahira na anak ni Enan ang dapat mamuno sa mga kaapu-
apuhan ni Neftali. 30 Ang hukbo ni Neftali ay may 53, 400 na
kalalakihan. 31 Lahat ng mga hukbong nagkampong kasama
ni Dan ay may bilang na 157, 600 na kalalakihan. Sila ang
dapat mahuling lumabas mula sa kanilangkampo kasama
ang kanilang bandila." 32 Naibilang nina Moises at Aaron
ayon sa mga angkan ng kanilang ninuno ang 603, 550 na
kalalakihan sa mga hukbo ng mga Israelita. 33 Ngunit hindi
naibilang nina Moises at Aaron ang mga Levita sa mga tao
ng Israel. Ito ay ayon sa iniutos ni Yahweh kay Moises. 34
Ginawa ng mga Israelita ang lahat ng bagay na ipinag-utos
ni Yahweh kay Moises. Nagkampo sila sa tabi ng kanilang
mga bandila. Lumabas sila mula sa kampo ayon sa kanilang
mga angkan, batay sa pagkakasunod ng mga angkan nga
kanilang mga ninuno.

**3** Ngayon ito ang kasaysayan ng mga kaapu-apuhan nina
Aaron at Moises nang kausapin ni Yahweh si Moises sa
Bundok Sinai. 2 Ang mga pangalan ng mga Anak na lalaki
ni Aaron ay sina Nadab ang panganay, at Abihu, Eleazar, at
Itamar. 3 Ito ang mga pangalan ng mga anak na lalaki ni
Aaron, ang mga paring pinahiran ng langis at siyang itinalaga
upang maglingkod bilang mga pari. 4 Ngunit namatay sa
harapan ni Yahweh sina Nadab at Abihu nang naghandog
sila kay Yahweh ng hindi katanggap-tanggap na apoy sa
ilang ng Sinai. Walang mga anak sina Nadab at Abihu,
kaya sina Eleazar at Itamar lamang ang naglingkod bilang
mga pari kasama ni Aaron na kanilang ama. 5 Nagsalita si
Yahweh kay Moises Moises. Sinabi niya, 6 "Dalhin mo ang
tribu ni Levi at iharap sila kay Aaron na pari para matulungan
nila siya. 7 Dapat nilang isagawa ang tungkulin sa pangalan
ni Aaron at ang buong sambayanan sa harap ng tolda ng
pagpupulong. Dapat silang maglingkod sa tabernakulo. 8
Dapat nilang ingatan ang lahat ng mga kasangkapan sa tolda
ng pagpupulong, at dapat nilang tulungan ang mga tribu ng
Israel upang isagawa ang paglilingkod sa tabernakulo. 9
Dapat mong ibigay ang mga Levita kay Aaron at sa kaniyang
mga anak na lalaki. Ganap silang ibinigay upang tulungan
siyang maglingkod sa mga tao ng Israel. 10 Dapat mong
hirangin sina Aaron at ang kaniyang mga anak na lalaki
bilang mga pari, ngunit sinumang dayuhang lalapit ay dapat
patayin." 11 Nagsalita si Yahweh kay Moises. Sinabi niya,
12 "Tingnan mo, kinuha ko ang mga Levita mula sa mga
tao ng Israel. Ginawa ko ito sa halip na kunin ang bawat
panganay na lalaki na ipinanganak mula sa mga tao ng
Israel. Pag-aari ko ang mga Levita. 13 Pag-aari ko ang
lahat ng mga panganay. Sa araw na sasalakayin ko ang
lahat ng panganay sa lupain ng Ehipto, inilaan ko para sa
aking sarili ang lahat ng panganay sa Israel, kapwa mga
tao at mga hayop. Sila ay pag-aari ko. Ako si Yahweh." 14
Nagsalita si Yahweh kay Moises sa ilang ng Sinai. Sinabi
niya, 15 "Bilangin mo ang mga kaapu-apuhan ni Levi sa
bawat pamilya, sa mga tahanan ng kanilang mga ninuno.
Bilangin mo ang bawat lalaki na isang buwang gulang at
pataas." 16 Sila ay binilang ni Moises, bilang pagsunod sa
atas na ibinigay sa kanila ng salita ni Yahweh, gaya ng
iniutos sa kaniya ni Yahweh. 17 Ang mga pangalan ng mga
anak na lalaki ni Levi ay sina Gerson, Kohat, at Merari. 18
Ang mga angkan na nagmumula sa mga anak na lalaki ni
Gerson ay sina Libni at Shimei. 19 Ang mga angkan na
nagmumula sa mga anak na lalaki ni Kohat ay sina, Amram,
Izar, Hebron, at Uziel. 20 Ang mga angkan na nagmumula sa
mga anak na lalaki ni Merari ay sina Mahali at Musi. Ito ang
mga angkan ng mga Levita, na nakatala angkan sa angkan.
21 Ang mga angkan ng mga Libnita at ng mga Shimeita ay
nagmula kay Gerson. Ito ang mga angkan ng mga Gersonita.
22 Lahat ng mga lalaki mula sa isang buwang gulang at
pataas ay binilang, na may kabuuang bilang na 7, 500. 23
Dapat magkampo ang angkan ng mga Gersonita sa dakong
kanluran ng tabernakulo. 24 Dapat pangunahan ni Eliasaf
na anak na lalaki ni Lael ang angkan ng kaapu-apuhan ng
mga Gersonita. 25 Dapat ingatan ng pamilya ni Gerson
ang mga kurtina ng tabernakulo sa ilalim ng panlabas na
mga takip ng tolda ng pagpupulong. Dapat nilang ingatan
ang tolda, ang mala-toldang pantakip, at ang kurtina para
sa pasukan patungo sa tolda ng pagpupulong. 26 Dapat
nilang ingatan ang mga tabing sa patyo, ang kurtina sa
pasukan ng patyo—ang patyo na nakapalibot sa santuwaryo
at ang altar. Dapat nilang ingatan ang mga lubid ng tolda ng
pagpupulong at para sa lahat ng bagay na nasa loob nito. 27
Ang mga angkan na ito ay nagmula kay Kohat: ang angkan
ng mga Amramita, ang angkan ng mga Izarita, ang angkan
ng mga Hebronita, at ang angkan ng mga Uzielita. Ang mga
angkan na ito ay nabibilang sa mga Kohatita. 28 8, 600 na
mga lalaki ang nabilang na may edad isang buwang gulang
at pataas upang mag-ingat sa mga bagay na pag-aari ni
Yahweh. 29 Dapat magkampo ang mga pamilya ng mga
kaapu-apuhan ni Kohat sa dakong timog ng tabernakulo. 30
Dapat pangunahan ni Elizafan na anak na lalaki ni Uziel
ang mga angkan ng mga Kohatita. 31 Dapat nilang ingatan
ang kaban, ang mesa, ang ilawan, ang mga altar, ang mga
sagradong bagay na ginagamit sa kanilang paglilingkod, ang
kurtina, at ang lahat ng gawain sa palibot nito. 32 Dapat
pangunahan ni Eleazar na anak na lalaki ni Aaron na pari
ang mga kalalakihang namumuno sa mga Levita. Dapat
niyang pangasiwaan ang mga lalaking nag-iingat sa banal
na lugar. 33 Dalawang angkan ang nagmula kay Merari: ang

angkan ng mga Mahlita at ang angkan ng mga Musita. Ang mga angkan na ito ay nagmula kay Merari. 34 6, 200 na mga lalaki ang nabilang na may edad isang buwang gulang at pataas. 35 Dapat pangunahan ni Zuriel na anak na lalaki ni Abihail ang mga angkan ni Merari. Dapat silang magkampo sa dakong hilaga ng tabernakulo. 36 Dapat ingatan ng mga kaapu-apuhan ni Merari ang mga tabla ng tabernakulo, ang mga pahalang na haligi, mga poste, mga patungan, lahat ng mga kagamitang metal, at lahat ng bagay na kaugnay sa mga ito, kabilang 37 ang mga haligi at mga poste ng patyo na nakapalibot sa tabernakulo, kasama ang mga patungan ng poste ng mga ito, mga tulos, at mga lubid. 38 Dapat magkampo sina Moses at Aaron at ang kaniyang mga anak na lalaki sa dakong silangan ng tabernakulo, sa harapan ng tolda ng pagpupulong, sa dakong sinisikatan ng araw. Sila ang mamahala para sa katuparan ng kanilang mga tungkulin sa santuwaryo at sa mga tungkulin ng mga tao ng Israel. Dapat patayin ang sinumang dayuhan na lalapit sa santuwaryo. 39 Binilang nina Moises at Aaron ang lahat ng mga lalaki sa mga angkan ni Levi na may edad isang buwang gulang at pataas, gaya ng iniutos ni Yahweh. Dalawampu't dalawang libong kalalakihan ang nabilang nila. 40 Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Bilangin mo ang lahat ng panganay na mga lalaki sa mga tao ng Israel na may edad isang buwang gulang at pataas. Ilista mo ang kanilang mga pangalan. 41 Dapat mong kunin ang mga Levita para sa akin sa halip na ang lahat ng mga panganay ng mga tao ng Israel. Ako si Yahweh. At dapat mong kunin ang alagang hayop ng mga Levita sa halip na ang lahat ng panganay na alagang hayop ng mga kaapu-apuhan ni Israel.” 42 Binilang ni Moises ang lahat ng panganay na mga tao ng Israel gaya ng iniutos ni Yahweh na gawin niya. 43 Binilang niya ang lahat ng mga panganay na mga lalaki ayon sa kanilang pangalan, na may edad isang buwang gulang at pataas. 22, 273 na kalalakihan ang nabilang niya. 44 Muling nagsalita si Yahweh kay Moises. Sinabi niya, 45 “Kunin mo ang mga Levita sa halip na ang lahat ng panganay sa mga tao ng Israel. At kunin mo ang alagang hayop ng mga Levita sa halip na ang alagang hayop ng mga tao. Ang mga Levita ay pag-aari ko. Ako si Yahweh. 46 Dapat kang mangolekta ng limang siklo para sa pantubos ng bawat isa sa 273 panganay ng mga tao ng Israel na humigit sa bilang ng mga Levita. 47 Dapat mong gamitin ang siklo ng santuwaryo bilang iyong pamantayang timbang. Ang siklo ay katumbas ng dalawampung gera. 48 Dapat mong ibigay ang halaga ng pantubos na iyong binayaran kay Aaron at sa kanyang mga anak na lalaki.” 49 Kaya tinipon ni Moises ang pambayad ng pantubos mula sa mga taong humigit sa bilang ng mga natubos ng mga Levita. 50 Tinipon ni Moises ang mga pera mula sa panganay na anak ng mga tao ng Israel. Nakaipon siya ng 1, 365 na siklo, na tumitimbang sa siklo ng santuwaryo. 51 Ibinigay ni Moises ang pantubos na pera kay Aaron at sa kanyang mga anak na lalaki. Ginawa ni Moises ang lahat ng bagay na sinabi sa kanya upang gawin sa pamamagitan ng mga salita ni Yahweh, gaya ng iniutos sa kanya ni Yahweh.

4 Nagsalita si Yahweh kina Moises at Aaron. Sinabi niya, 2 “Magsagawa kayo ng isang pagtatala sa mga lalaking kaapu-apuhan ni Kohat na nagmula sa mga Levita, sa pamamagitan ng kanilang mga angkan at ng mga pamilya ng kanilang ninuno. 3 Bilangin ninyo ang lahat ng kalalakihan na tatlumpu hanggang limampung taong gulang. 4 Dapat sumali ang kalalakihang ito sa samahan para maglingkod sa tolda ng pagpupulong. Dapat pangalagaan ng mga kaapu-apuhan ni Kohat ang pinakasagradong mga bagay na inilaan para sa akin sa tolda ng pagpupulong. 5 Kapag naghahanda ang kampo para umabante, dapat pumunta si Aaron at ang kaniyang mga anak na lalaki sa tolda, ibaba ang kurtina na naghihiwalay sa pinakabanal na lugar mula sa banal na lugar, at itakip ito sa kaban ng tipan. 6 Dapat nilang takpan ang kaban ng mga balat ng dugong. Dapat silang maglatag ng asul na tela sa taas nito. Dapat nilang ilagay ang mga pasanan sa pagbubuhat nito. 7 Dapat silang maglatag ng isang asul na tela sa mesa ng tinapay ng presensya. Sa ibabaw nito, dapat nilang ilagay ang mga pinggan, mga kutsara, mga mangkok, at mga banga para sa pagbubuhos. Dapat palaging nasa mesa ang tinapay. 8 Dapat nilang takpan ang mga ito ng isang matingkad na pulang tela at muli ng mga balat ng dugong. Dapat nilang ilagay ang mga pasanan sa pagbubuhat sa mesa. 9 Dapat silang kumuha ng isang asul na tela at takpan ang patungan ng ilawan, kasama ng mga ilawan nito, mga sipit, mga sisidlan ng abo, at lahat ng mga banga ng langis para sa mga ilawan. 10 Dapat nilang takpan ang patungan ng ilawan at ang lahat ng mga kasangkapan nito ng mga balat ng dugong, at dapat nilang ilagay ito sa balangkas na binubuhat. 11 Dapat nilang ilatag ang isang asul na tela sa gintong altar. Dapat nilang takpan ito ng mga balat ng dugong, at pagkatapos ay ilagay ang mga pasanan sa pagbubuhat. 12 Dapat nilang dalhin ang lahat ng kasangkasapan para sa gawain sa loob ng banal na lugar at balutin ito ng isang asul na tela. Dapat nilang takpan ito ng mga balat ng dugong at ilagay ang kasangkapan sa balangkas na binubuhat. 13 Dapat nilang alisin ang mga abo mula sa altar at maglatag ng isang lilang tela sa altar. 14 Dapat nilang ilagay ang lahat ng kasangkapan sa balangkas na binubuhat na ginagamit nila sa paggawa ng altar. Ang mga bagay na ito ay ang mga kawali, mga tinidor, mga pala, mga mangkok, at lahat ng

ibang kasangkapan para sa altar. Dapat nilang takpan ang
altar ng mga balat ng dugong at pagkatapos ay ilagay ang
mga pasanan sa pagbubuhat. 15 Kapag ganap na natakpan
ni Aaron at ng kaniyang mga anak na lalaki ang banal na
lugar at lahat ng mga kasangkapan nito, at kapag umabante
ang kampo, dapat pumunta ang mga kaapu-apuhan ni Kohat
upang dalhin ang banal na lugar. Kapag hinawakan nila ang
mga sagradong kasangkapan, dapat silang mamatay. Ito ang
gawain ng mga kaapu-apuhan ni Kohat, upang dalhin ang
mga gamit sa tolda ng pagpupulong. 16 Dapat pangalagaan
ni paring Eleazar na anak na lalaki ni Aaron ang langis para
sa ilaw. Dapat niyang pangasiwaan ang pangangalaga ng
matamis na insenso, ang palagiang handog na butil, ang
pampahid na langis, ang buong tabernakulo at lahat ng
narito, ang sagradong mga kagamitan at mga artikulo." 17
Nagsalita si Yahweh kina Moises at Aaron. Sinabi niya, 18
"Huwag hayaan ang mga angkan ng mga tribu ni Kohat na
maalis mula sa mga Levita. 19 Ipangtanggol ninyo sila sa
paggawa nito, upang sila ay mabuhay at hindi mamamatay.
Kapag nilapitan nila ang pinakabanal na mga bagay 20
hindi sila dapat pumasok upang tingnan ang banal na lugar
kahit sandali, kasi kung gagawin nila, dapat silang mamatay.
Dapat pumasok sina Aaron at ang kaniyang mga anak na
lalaki at pagkatapos, dapat italaga nina Aaron at ng kaniyang
mga anak na lalaki ang bawat Kohatita sa kaniyang gawain,
sa kaniyang natatanging mga tungkulin." 21 Nagsalita muli si
Yahweh kay Moises. Sinabi niya, 22 "Gumawa ka rin ng
isang pagtatala ng mga kaapu-apuhan ni Gerson, ayon sa
mga pamilya ng kanilang ninuno, ayon sa kanilang mga
angkan. 23 Bilangin mo iyong mga tatlumpu hanggang
limampung taong gulang. Bilangin mo silang lahat na sasali
sa samahan upang maglingkod sa tolda ng pagpupulong. 24
Ito ay ang gawain ng mga angkan ng Gersonita, kapag sila
ay naglilingkod at anuman ang kanilang binubuhat. 25 Dapat
nilang dalhin ang mga kurtina ng tabernakulo, ang tolda ng
pagpupulong, ang mga pantakip nito, ang pantakip na balat
ng dugong na nakalagay dito, at ang mga kurtina para sa
pasukan ng tolda ng pagpupulong. 26 Dapat nilang dalhin
ang mga kurtina ng patyo, ang kurtina para sa daanan sa
tarangkahan ng patyo, na malapit sa tabernakulo at malapit
sa altar, ang mga lubid nito, at lahat ng mga kasangkapan
para sa kanilang paglilingkod. Anuman ang kailangang
gawin sa mga bagay na ito, dapat nilang gawin ito. 27 Dapat
pamahalaan nila Aaron at ng kaniyang mga anak na lalaki
ang lahat ng paglilingkod ng mga kaapu-apuhan ng mga
Gersonita, sa bawat bagay na kanilang ililipat, at sa lahat ng
kanilang paglilingkod. Dapat mo silang italaga sa lahat ng
kanilang mga tungkulin. 28 Ito ay ang paglilingkod ng mga
angkan ng mga kaapu-apuhan ng mga Gersonita para sa
tolda ng pagpupulong. Ang pari na si Itamar na anak na lalaki
ni Aaron ang dapat na manguna sa kanilang paglilingkod.
29 Dapat mong bilangin ang mga kaapu-apuhan ni Merari
ayon sa kanilang mga angkan, at iayos mo sila ayon sa
mga pamilya ng kanilang ninuno, 30 mula tatlumpung taong
gulang pataas hanggang limampung taong gulang. Bilangin
mo bawat isa na sasali sa samahan at maglilingkod sa
tolda ng pagpupulong. 31 Ito ay ang kanilang tungkulin
at kanilang gawain sa lahat ng kanilang paglilingkod para
sa tolda ng pagpupulong. Dapat nilang pangalagaan ang
pagbabalangkas ng tabernakulo, mga pahalang na haligi
nito, mga poste, at mga patungan, 32 kasama ng mga poste
ng patyo sa palibot ng tabernakulo, ang mga patungan ng
mga ito, mga tulos na pako, at ang mga lubid nito, kasama
ang mga metal ng mga ito. Itala sa kanilang pangalan ang
mga bagay na dapat nilang dalhin. 33 Ito ay ang paglilingkod
ng mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Merari, anuman
ang kanilang gagawin para sa tolda ng pagpupulong, sa
ilalim ng pamamahala n paring Itamar na anak na lalaki ni
Aaron." 34 Binilang nina Moises, Aaron at ng mga pinuno
ng mga sambayanan ang mga kaapu-apuhan ng mga
Kohatita ayon sa mga angkan ng mga pamilya ng kanilang
ninuno. 35 Binilang sila mula tatlumpung taong gulang
pataas hanggang limampung taong gulang. Binilang nila ang
bawat isa na sasali sa samahan para maglingkod sa tolda
ng pagpupulong. 36 Binilang nila ang 2, 750 na kalalakihan
ayon sa kanilang mga angkan. 37 Binilang nina Moises at
Aaron ang lahat ng kalalakihan sa mga angkan at mga
pamilya ng mga Kohatita na siyang naglilingkod sa tolda ng
pagpupulong. Sa pag-gawa nito, sinunod nila ang iniutos
ni Yahweh na kanilang gawin sa pamamagitan ni Moises.
38 Binilang ang mga kaapu-apuhan ni Gerson sa kanilang
mga angkan, ayon sa mga pamilya ng kanilang ninuno, 39
mula tatlumpu hanggang limampung taong gulang, bawat
isa na sasali sa samahan para maglingkod sa tolda ng
pagpupulong. 40 Lahat ng kalalakihan, binilang ayon sa
kanilang mga angkan at mga pamilya ng kanilang ninuno, sa
bilang na 2, 630. 41 Binilang nina Moises at Aaron ang mga
angkan ng mga kaapu-apuhan ni Gerson na maglilingkod sa
tolda ng pagpupulong. Sa paggawa nito, sinunod nila ang
iniutos ni Yahweh sa kanila na gawin sa pamamagitan ni
Moises. 42 Binilang ang mga kaapu-apuhan ni Merari sa
kanilang angkan ayon sa mga pamilya ng kanilang ninuno,
43 mula tatlumpu hanggang limampung taong gulang, bawat
isa na sasali sa samahan para maglingkod sa tolda ng
pagpupulong. 44 Lahat ng kalalakihan, nabilang ayon sa
kanilang mga angkan at mga pamilya ng kanilang mga
ninuno, sa bilang na 3, 200. 45 Binilang nina Moises at Aaron
ang lahat ng kalalakihang ito, ang mga kaapu-apuhan ni

Merari. Sa paggawa nito, sinunod nila ang iniutos ni Yahweh
sa kanila na gawin sa pamamagitan ni Moises. 46 Kaya
binilang nina Moises, Aaron, at ng mga pinuno ng Israel ang
lahat ng Levita ayon sa kanilang angkan sa mga pamilya ng
kanilang ninuno 47 mula tatlumpu hanggang limampung
taong gulang. Binilang nila ang bawat isa na gagawa ng
mga gawain sa tabernakulo, at sinumang magdadala at
mamamahala ng mga kagamitan sa tolda ng pagpupulong.
48 Nabilang nila ang 8, 580 na kalalakihan. 49 Sa utos ni
Yahweh, binilang ni Moises ang bawat lalaki, patuloy na
bilang ang bawat-isa ayon sa uri ng gawaing naitilaga sa
kaniya upang gawin niya. Binilang niya ang bawat-isa sa uri
ng tungkulin na kanyang pasanin. Sa paggawa nito, sinunod
nila ang utos ni Yahweh na kanilang gawin sa pamamagitan
ni Moises.

5 Nagsalita si Yahweh kay Moises. Sinabi niya, 2 "Utusan
mo ang mga tao ng Israel na paalisin mula sa kampo
ang lahat ng may nakakahawang sakit sa balat, at lahat
ng may tumutulong sugat, at ang sinumang marumi sa
pamamagitan ng paghawak ng isang patay na katawan. 3
Maging lalaki o babae, dapat paalisin ninyo sila sa kampo.
Hindi nila dapat dungisan ang kampo, dahil naninirahan
ako dito." 4 Kaya ginawa ito ng mga tao ng Israel. Pinaalis
nila sila sa kampo, gaya ng inutos ni Yahweh kay Moises.
Sinunod ng mga tao ng Israel si Yahweh. 5 Muling nagsalita
si Yahweh kay Moises. Sinabi niya, 6 "Magsalita ka sa mga
tao ng Israel. Kapag nakagawa ang isang lalaki o babae ng
anumang kasalanang tulad ng ginagawa ng mga tao sa isa't
isa, at hindi tapat sa akin, ang taong iyon ay nagkasala. 7
Kung gayon, dapat niyang aminin ang kasalanang kaniyang
nagawa. Dapat niyang ganap na bayaran ang halaga ng
kaniyang pagkakasala at dagdagan ang halaga ng higit sa
ikalimang bahagi. Dapat niyang ibigay ito sa isang taong
nakagawan niya ng kamalian. 8 Ngunit kung ang taong
nagawan niya ng kamalian ay walang malapit na kamag-
anak upang tumanggap ng bayad, dapat niyang bayaran
ang halaga para sa kaniyang pagkakasala sa akin sa
pamamagitan ng isang pari, kasama ang isang lalaking tupa
upang pambayad sala para sa kaniyang sarili. 9 Bawat
handog na idinulog sa isang pari mula sa lahat ng sagradong
bagay, ang mga bagay na inilaan ng mga tao ng Israel para
sa akin ay mapapabilang sa paring iyon. 10 Mapapabilang
sa pari ang bawat sagradong bagay na pag-aari ng mga
tao. Mapapabilang sa paring iyon ang anumang ibibigay
ng isang tao sa pari." 11 Muling nagsalita si Yahweh kay
Moises. Sinabi niya, 12 "Magsalita ka sa mga tao ng Israel.
Sabihin mo sa kanila, 'Ipagpalagay na tumalikod ang isang
asawang babae at nagkasala laban sa kaniyang asawang
lalaki. 13 Pagkatapos, ipagpalagay na ang isang lalaki ay
nakipagtalik sa kaniya. Sa ganitong kalagayan, nadungisan
siya. Kahit na hindi ito nakita ng kaniyang asawang lalaki o
nalaman ang tungkol dito, at kahit wala ni isa ang nakahuli
sa kaniya sa kaganapan at wala ni isa ang makapagpatotoo
laban sa kaniya, 14 gayon pa man, maaaring ipaalam ng
isang espiritu ng pagseselos sa asawang lalaki na ang
kaniyang asawang ay nadungisan. Gayunman, ang espiritu
ng pagseselos ay maaaring iparating sa isang lalaki na ang
kaniyang asawa ay hindi nadungisan. 15 Sa ganitong mga
kalagayan, dapat dalhin ng lalaki ang kaniyang asawa sa
pari. Dapat magdala ng isang inuming handog ang asawang
lalaki para sa kaniyang asawa. Dapat magdala siya ng isang
ikasampu ng isang epa ng sebadang harina. Dapat hindi niya
ito buhusan ng langis o kamanyang dahil ito ay isang handog
na butil ng pagseselos, isang handog na butil na maaaring
tagaturo ng kasalanan. 16 Ang pari ay dapat ilapit ang babae
at iharap siya kay Yahweh. 17 Dapat kumuha ang pari ng
isang tapayan ng banal na tubig at kumuha ng alikabok mula
sa sahig ng tabernakulo. Dapat niyang ilagay ang alikabok
sa tubig. 18 Dapat iharap ng pari ang babae kay Yahweh.
Dapat alisin ng babae ang takip ng kaniyang ulo at alisin ang
tali ng kaniyang buhok. Dapat ilagay ng pari sa kaniyang
mga kamay ang handog na butil bilang isang pahiwatig. Ito
ang handog na butil ng pagseselos. Dapat hawakan ng pari
sa kaniyang kamay ang mapait na tubig na may alikabok na
magdadala ng isang sumpa sa kaniya. 19 Dapat panumpain
siya ng pari ng isang panunumpa. Dapat niyang sabihin
sa babae, "Kung walang lalaking nakipagtalik sa iyo, at
kung hindi ka naligaw at nakagawa ng kalaswaan, tiyak na
ikaw ay magiging malaya mula sa mapait na tubig na ito na
magdadala ng isang sumpa. 20 Ngunit kung ikaw ay isang
babae na nasa ilalim ng kaniyang asawa, naligaw, kung
nadungisan ka, at kung nakipagtalik sa iyo ang ilang lalaki..."
21 Dapat panumpain ng pari ang babae ng isang panunumpa
na magdadala ng isang sumpa sa kaniya, at pagkatapos,
dapat siyang patuloy na kausapin ang babae,"... at gagawin
kang isang isinumpa ni Yahweh na ipapakita sa iyong mga
tao na maging ganoon. Mangyayari ito kung pahihintulutan
ni Yahweh ang iyong hita na mabulok at mamaga ang
iyong tiyan. 22 Ang tubig na ito na nagdadala ng sumpa
ay pupunta sa iyong tiyan, mamaga ang iyong tiyan, at
mabubulok ang iyong mga hita." Isasagot dapat ng babae,
"Oo, mangyari nawa ito kung ako ay nagkasala." 23 Dapat
Isulat ng pari ang mga sumpang ito sa isang kasulatang
binalumbon, at pagkatapos, dapat niyang hugasan ang
mga sumpang isinulat sa mapait na tubig. 24 Ipapainom
ng pari ang mapait na tubig sa babaeng magdadala ng
sumpa. Papasok sa kaniya at magiging mapait ang tubig
na magdadala ng sumpa. 25 Dapat kumuha ang pari ng

handog na butil ng pagseselos mula sa kamay ng babae.
Dapat niyang itaas ang handog na butil sa harap ni Yahweh
at dalhin ito sa altar. **26** Dapat kumuha ng isang dakot ng
handog na butil, isang bahagi nito, at sunugin ito sa altar.
Pagkatapos, dapat niyang ibigay sa babae ang mapait na
tubig upang inumin. **27** Kapag bibigyan niya ang babae ng
tubig upang inumin, kung nadungisan siya dahil nakagawa
siya ng isang kasalanan laban sa kaniyang asawang lalaki,
ang tubig na magdadala ng sumpa ay papasok sa kaniya
at magiging mapait. Mamamaga ang kaniyang tiyan at
mabubulok ang kaniyang hita. Isusumpa ang babae sa gitna
kaniyang mga tao. **28** Ngunit kung hindi nadungisan ang
babae at kung malinis siya, dapat siyang maging malaya.
Maaari siyang magkaroon ng mga anak. **29** Ito ay ang batas
ng pagseselos. Ito ay ang batas para sa isang babaeng
lumayo mula sa kaniyang asawa at nadungisan. **30** Ito ang
batas para sa isang lalaki na may espiritu ng pagseselos
kapag nagseselos siya sa kaniyang asawa. Dapat niyang
dalhin ang babae sa harap ni Yahweh, at dapat gawin ng
pari sa kaniya ang lahat ng bagay na inilalarawan ng batas
na ito ng pagseselos. **31** Magiging malaya ang lalaki mula
sa pagkakasala sapgkat dinala niyaang kaniyang asawa
sa pari. Ang babae ay dapat niyang dalhin ang anumang
kasalanang maaaring nasa kaniya.'"

**6** Nagsalita si Yahweh kay Moises. Sinabi niya, **2** "Magsalita
ka sa mga tao ng Israel. Sabihin mo sa kanila, "Kapag
ang isang lalaki o isang babae ay ibinukod niya ang kaniyang
sarili kay Yahweh kasama ang isang natatanging panata ng
isang Nazareo, **3** dapat niyang ilayo ang kaniyang sarili mula
sa alak at matapang na inumin. Dapat hindi siya iinom ng
suka na gawa mula sa alak o mula sa matapang na inumin.
Dapat hindi siya iinom ng anumang katas ng ubas o kakain
ng sariwang mga ubas o mga pasas. **4** Sa lahat ng araw
na siya ay ibinukod sa akin, dapat wala siyang kakaining
anumang bagay na gawa mula sa mga ubas, kabilang ang
lahat ng bagay na gawa mula sa mga buto hanggang sa
kanilang mga balat. **5** Sa buong panahon ng kaniyang panata
ng pagbubukod, walang labaha ang gagamitin sa kaniyang
ulo hanggang sa mga araw ng kaniyang pagbubukod kay
Yahweh ay matupad. Dapat siyang ihandog kay Yahweh.
Dapat niyang hayaang humaba ang buhok sa kaniyang
ulo. **6** Sa buong panahon na ibubukod niya ang kaniyang
sarili kay Yahweh, dapat hindi siya lalapit sa isang patay na
katawan. **7** Dapat hindi niya dudumihan ang kaniyang sarili
kahit na para sa kaniyang ama, ina, kapatid na lalaki, o sa
kapatid na babae, kung sila ay namatay. Ito ay dahil ibinukod
siya para sa Diyos, gaya ng maaaring makita ng lahat sa
pamamagitan ng kaniyang mahabang buhok. **8** Sa buong
panahon ng kaniyang pagbubukod siya ay banal, nakalaan
para kay Yahweh. **9** Kung biglang namatay ang isang tao sa
tabi niya at dudungisan ang kaniyang naibukod na pagkatao,
sa gayon, dapat niyang ahitan ang kaniyang ulo sa araw ng
kaniyang paglilinis na kung saan dapat pagkatapos ng pitong
araw. Sa araw na iyon, dapat niyang ahitan ang kaniyang ulo.
**10** Sa ikawalong araw, dapat niyang dalhin ang dalawang
kalapati o dalawang batang kalapati sa pari sa pasukan
patungo sa tolda ng pagpupulong. **11** Ang pari ay dapat
maghandog ng isang ibon bilang handog sa kasalanan at
ang isang ibon bilang handog na susunugin. Ito ay pambayad
para sa kaniya dahil nagkasala siya sa pamamagitan ng
pagiging malapit sa patay na katawan. Dapat muli niyang
ihandog ang kaniyang sarili kay Yahweh sa araw ding
iyon. **12** Dapat muli niyang ihandog ang kaniyang sarili kay
Yahweh sa panahon ng kaniyang pagbubukod. Dapat niyang
dalhin ang isang lalaking tupa na isang taong gulang bilang
isang pag-aalay sa pagkakasala. Hindi dapat ibilang ang
mga araw bago niya nadungisan ang kanyiang sarili, dahil
nadungisan siya habang siya ay ibinukod para sa Diyos. **13**
Ito ang batas tungkol sa Nazareo para kapag natapos na
ang panahon ng kaniyang pagbubukod. Dapat siyang dalhin
sa pasukan sa tolda ng pagpupulong. **14** Dapat niyang
idulog ang kaniyang handog kay Yahweh. Dapat niyang
ialay bilang isang handog na susunugin ang isang lalaking
tupa na isang taong gulang at walang kapintasan. Dapat
magdala siya ng isang babaeng tupa bilang handog para
sa kasalanan na isang taong gulang at walang kapintasan.
Dapat magdala siya ng isang lalaking tupa na walang dungis
bilang handog para sa pagtitipon-tipon. **15** Dapat magdala
rin siya ng isang buslo ng tinapay na ginawa na walang
pampaalsa, mga tinapay ng pinong harina na hinaluan ng
langis, mga wafer na tinapay na walang pampaalsa na
pinahiran ng langis, kasama ang kanilang handog na butil at
mga handog na inumin. **16** Dapat idulog ng pari ang mga
ito sa harap ni Yahweh. Dapat niyang ialay ang kaniyang
handog para sa kasalanan at handog na susunugin. **17**
Kasama ang buslo ng tinapay na walang lebadura, dapat
niyang idulog ang isang lalaking tupa bilang isang alay, ang
handog sa pagtitipon-tipon kay Yahweh. Dapat idulog din ng
pari ang handog na butil at ang handog na inumin. **18** Dapat
ahitan ng Nazareo ang kaniyang ulo na nagpapahiwatig
ng kaniyang pagkabukod sa Diyos sa pasukan patungo
sa tolda ng pagpupulong. Dapat niyang kunin ang buhok
mula sa kaniyang ulo at ilagay ito sa apoy sa ilalim ng
paghahandog ng mga handog sa pagtitipon-tipon. **19** Dapat
kunin ng pari ang pinakuluang balikat ng lalaking tupa, isang
tinapay na walang pampaalsa mula sa buslo, at isang wafer
na tinapay na walang pampaalsa. Dapat niyang ilagay ang
mga ito sa kamay ng Nazareo pagkatapos niyang ahitan

ang kaniyang ulo na nagpapahiwatig ng pagkabukod. 20
Dapat itaas ng pari ang mga ito bilang isang handog sa
harap ni Yahweh at idulog ang mga ito sa kaniya. Ito ay
banal na pagkain na nakalaan para sa pari, kasama ang
dibdib na itinaas at ang hita na inihandog. Pagkatapos nito,
maaari nang uminom ng alak ang Nazareo. 21 Ito ang batas
para sa Nazareo na nagpapanata ng kaniyang alay kay
Yahweh para sa kaniyang pagkabukod. Kahit ano pa ang
maaari niyang ibigay, dapat niyang panatilihin ang kaniyang
tungkulin ng panata na kaniyang kinuha, upang panatilihin
ang pangakong nakalakip sa pamamagitan ng batas para sa
Nazareo.'" 22 Muling nagsalita si Yahweh kay Moises. Sinabi
niya, 23 "Kausapin mo si Aaron at ang kaniyang mga anak na
lalaki. Sabihin mo, 'Dapat ninyong pagpalain ang mga tao ng
Israel sa ganitong paraan. Dapat ninyong sabihin sa kaniya,
24 "Pagpalain ka nawa ni Yahweh at ingatan. 25 Pasisikatin
nawa ni Yahweh ang kaniyang liwanag sa iyo, titingin sa iyo,
at mahabag sa iyo. 26 Tingnan ka nawa si Yahweh nang
may kabutihang loob at bigyan ka ng kapayapaan.'" 27 Sa
ganitong paraan dapat nilang ibigay ang aking pangalan sa
mga tao ng Israel. At pagpapalain ko sila."

**7** Sa araw na natapos ni Moises ang tabernakulo, binuhusan
niya ito ng langis at itinalaga ito kay Yahweh, kasama
ang lahat kagamitan. Ganoon din ang ginawa niya sa altar
at lahat ng kagamitan nito. Binuhusan niya ng langis ang
mga ito at itinalaga kay Yahweh. 2 Sa araw na iyon, nag-
alay ng mga handog ang mga pinuno ng Israel, ang mga
pangulo ng mga pamilya ng kanilang ninuno. Ang mga taong
ito ang nangunguna sa mga tribu. Pinamahalaan nila ang
pagbibilang ng mga kalalakihan sa sensus. 3 Dinala nila ang
kanilang mga handog sa harapan ni Yahweh. Nagdala sila
ng anim na karitong may takip at labindalawang lalaking
baka. Nagdala sila ng isang kariton para sa bawat dalawang
pinuno, at nagdala ang bawat pinuno ng isang lalaking
baka. Idinulog nila ang mga bagay na ito sa harapan ng
tabernakulo. 4 Pagkatapos, kinausap ni Yahweh si Moises.
Sinabi niya, 5 "Tanggapin mo ang mga handog mula sa
kanila at gamitin ang mga handog para sa gawain sa tolda ng
pagpupulong. Ibigay mo ang mga handog sa mga Levita, sa
bawat isa ayon sa kailangan ng kaniyang gawain." 6 Kinuha
ni Moises ang mga kariton at ang mga lalaking baka, at
ibinigay niya ang mga ito sa mga Levita. 7 Ibinigay niya ang
dalawang kariton at apat na lalaking baka sa mga kaapu-
apuhan ni Gerson, dahil sa kailangan ng kanilang gawain. 8
Ibinigay niya ang apat na kariton at walong lalaking baka sa
mga kaapu-apuhan ni Merari, sa pangangalaga ni Itamar
na anak na lalaki ni Aaron na pari. Ginawa niya ito dahil
sa kailangan ng kanilang gawain. 9 Ngunit wala siyang
ibinigay sa mga bagay na iyon sa mga kaapu-apuhan ni
Kohat, dahil sa kanila ang mga gawaing nauukol sa mga
bagay na nabibilang kay Yahweh na kanilang papasanin
sa kanilang mga balikat. 10 Inialay ng mga pinuno ang
kanilang mga handog para sa pagtatalaga ng altar sa
araw na binuhusan ni Moises ng langis ang altar. Inialay
ng mga pinuno ang kanilang mga handog sa harapan ng
altar. 11 Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Dapat ialay ng
bawat pinuno ang kaniyang handog sa kaniyang sariling
araw para sa pagtatalaga ng altar." 12 Sa unang araw,
inihandog ni Naason na anak ni Aminadab mula sa tribu
ni Juda ang kaniyang handog. 13 Ang kaniyang handog
ay isang pilak na pinggan na tumitimbang ng 130 siklo
at isang mangkok na pilak na tumitimbang ng pitumpung
siklo, ayon sa pamantayang timbang ng santuwaryong siklo.
Kapwa puno ng pinong harina na hinaluan ng langis para sa
handog na butil ang mga bagay na ito. 14 Nagbigay din
siya ng isang gintong pinggan na tumitimbang ng sampung
siklo, na puno ng insenso. 15 Nagbigay siya ng isang
batang toro, isang lalaking tupa at isang taong gulang na
lalaking kordero bilang alay na susunugin. 16 Nagbigay
siya ng isang lalaking kambing bilang handog para sa
kasalanan. 17 Nagbigay siya ng dalawang lalaking baka,
limang lalaking tupa, limang lalaking kambing, at limang
lalaking kordero na isang taong gulang, bilang alay na
handog para sa pagtitipon-tipon. Ito ang alay ni Naason na
anak ni Amminadab. 18 Sa ikalawang araw, inihandog ni
Nathanael na anak ni Zuar na pinuno ng tribu ni Isacar ang
kaniyang handog. 19 Inialay niya bilang kaniyang handog
ang isang pilak na pinggan na tumitimbang ng 130 siklo
at isang mangkok na pilak na tumitimbang ng pitumpung
siklo, ayon sa pamantayang timbang ng santuwaryong siklo.
Kapwa puno ang mga ito ng pinong harina na hinaluan ng
langis para sa handog na butil. 20 Nagbigay din siya ng
isang gintong pinggan na tumitimbang ng sampung siklo, na
puno ng insenso. 21 Nagbigay siya ng isang batang toro,
isang lalaking tupa at isang taong gulang na lalaking tupa
bilang alay na susunugin. 22 Nagbigay siya ng isang lalaking
kambing bilang alay para sa kasalanan. 23 Nagbigay siya ng
dalawang lalaking baka, limang lalaking tupa, limang lalaking
kambing, at limang lalaking tupa na isang taong gulang,
bilang alay na handog para sa pagtitipon-tipon. Ito ang alay
ni Nethanael na anak ni Zuar. 24 Sa ikatlong araw, nag-alay
ng kaniyang handog si Eliab na anak ni Helon, pinuno ng
mga kaapu-apuhan ni Zebulon. 25 Ang kaniyang handog ay
isang pilak na pinggan na tumitimbang ng 130 siklo at isang
mangkok na pilak na tumitimbang ng pitumpung siklo ayon
sa pamantayang timbang ng santuwaryong siklo. Kapwa
puno ang mga bagay na ito ng pinong harina na hinaluan ng
langis para sa handog na butil. 26 Nagbigay din siya ng isang

gintong pinggan na tumitimbang ng sampung siklo, na puno ng insenso. **27** Nagbigay siya ng isang batang toro, isang lalaking tupa at isang taong gulang na lalaking tupa bilang isang alay na susunugin. **28** Nagbigay siya ng isang lalaking kambing bilang alay para sa kasalanan. **29** Nagbigay siya ng dalawang lalaking baka, limang lalaking tupa, limang lalaking kambing, at limang lalaking tupa na isang taong gulang, bilang alay na handog para sa pagtitipon-tipon. Ito ang alay ni Eliab na anak ni Helon. **30** Sa ikaapat na araw, nag-alay ng kaniyang handog si Elizur na anak ni Sedeur, pinuno ng mga kaapu-apuhan ni Ruben. **31** Ang kaniyang handog ay isang pilak na pinggan na tumitimbang ng 130 siklo at isang mangkok na pilak na tumitimbang ng pitumpung siklo, ayon sa pamantayang timbang ng santuwaryong siklo. Kapwa puno ang mga bagay na ito ng pinong harina na hinaluan ng langis para sa handog na butil. **32** Nagbigay din siya ng isang gintong pinggan na tumitimbang ng sampung siklo, na puno ng insenso. **33** Nagbigay siya ng isang batang toro, isang lalaking tupa at isang taong gulang na lalaking tupa bilang alay na susunugin. **34** Nagbigay siya ng isang lalaking kambing bilang handog para sa kasalanan. **35** Nagbigay siya ng dalawang lalaking baka, limang lalaking tupa, limang lalaking kambing, at limang lalaking tupa na isang taong gulang, bilang alay na handog para sa pagtitipon-tipon. Ito ang alay ni Elizur na anak ni Sedeur. **36** Sa ikalimang araw, nag-alay ng kaniyang handog si Shelumiel na anak ni Zurisaddai, pinuno ng mga kaapu-apuhan ni Simeon. **37** Ang kaniyang handog ay isang pilak na pinggan na tumitimbang ng 130 siklo at isang mangkok na pilak na tumitimbang ng pitumpung siklo, ayon sa pamantayang timbang ng santuwaryong siklo. Kapwa puno ang mga bagay na ito ng pinong harina na hinaluan ng langis para sa handog na butil. **38** Nagbigay din siya ng isang gintong pinggan na tumitimbang ng sampung siklo, na puno ng insenso. **39** Nagbigay siya ng isang batang toro, isang lalaking tupa at isang taong gulang na lalaking tupa bilang alay na susunugin. **40** Nagbigay siya ng isang lalaking kambing bilang alay para sa kasalanan. **41** Nagbigay siya ng dalawang lalaking baka, limang lalaking tupa, limang lalaking kambing, at limang lalaking tupa na isang taong gulang, bilang alay na handog para sa pagtitipon-tipon. Ito ang alay ni Selumiel na anak ni Zurisaddai. **42** Sa ikaanim na araw, nag-alay ng kaniyang handog si Eliasaf na anak ni Deuel, pinuno ng mga kaapu-apuhan ni Gad. **43** Ang kaniyang handog ay isang pilak na pinggan na tumitimbang ng 130 siklo at isang mangkok na pilak na tumitimbang ng pitumpung siklo, ayon sa pamantayang timbang ng santuwaryong siklo. Kapwa puno ang mga bagay na ito ng pinong harina na hinaluan ng langis para sa handog na butil. **44** Nagbigay din siya ng isang gintong pinggan na tumitimbang ng sampung siklo, na puno ng insenso. **45** Nagbigay siya ng isang batang toro, isang lalaking tupa at isang taong gulang na lalaking tupa bilang alay na susunugin. **46** Nagbigay siya ng isang lalaking kambing bilang handog para sa kasalanan. **47** Nagbigay siya ng dalawang lalaking baka, limang lalaking tupa, limang lalaking kambing, at limang lalaking tupa na isang taong gulang, bilang alay para sa handog para sa pagtitipon-tipon. Ito ang alay ni Eliasaf na anak ni Deuel. **48** Sa ikapitong araw, nag-alay ng kaniyang handog si Elishama na anak ni Ammiud, pinuno ng mga kaapu-apuhan ni Efraim. **49** Ang kaniyang handog ay isang pilak na pinggan na tumitimbang ng 130 siklo at isang mangkok na pilak na tumitimbang ng pitumpung siklo, ayon sa pamantayang timbang ng santuwaryong siklo. Kapwa puno ang mga bagay na ito ng pinong harina na hinaluan ng langis para sa handog na butil. **50** Nagbigay din siya ng isang gintong pinggan na tumitimbang ng sampung siklo, na puno ng insenso. **51** Nagbigay siya ng isang batang toro, isang lalaking tupa at isang taong gulang na lalaking tupa bilang alay na susunugin. **52** Nagbigay siya ng isang lalaking kambing bilang alay para sa kasalanan. **53** Nagbigay siya ng dalawang lalaking baka, limang lalaking tupa, limang lalaking kambing, at limang lalaking tupa na isang taong gulang, bilang alay na handog para sa pagtitipon-tipon. Ito ang alay ni Elishama na anak ni Ammiud. **54** Sa ikawalong araw, nag-alay ng kaniyang handog si Gamaliel na anak ni Pedasur, pinuno ng mga kaapu-apuhan ni Manases. **55** Ang kaniyang handog ay isang pilak na pinggan na tumitimbang ng 130 siklo at isang mangkok na pilak na tumitimbang ng pitumpung siklo, ayon sa pamantayang timbang ng santuwaryong siklo. Kapwa puno ang mga bagay na ito ng pinong harina na hinaluan ng langis para sa handog na butil. **56** Nagbigay din siya ng isang gintong pinggan na tumitimbang ng sampung siklo, puno ng insenso. **57** Nagbigay siya ng isang batang toro, isang lalaking tupa at isang taong gulang na lalaking tupa bilang alay na susunugin. **58** Nagbigay siya ng isang lalaking kambing bilang alay para sa kasalanan. **59** Nagbigay siya ng dalawang lalaking baka, limang lalaking tupa, limang lalaking kambing, at limang lalaking tupa na isang taong gulang, bilang alay na handog para sa pagtitipon-tipon. Ito ang alay ni Gamaliel na anak ni Pedahzur. **60** Sa ikasiyam na araw, nag-alay ng kaniyang handog si Abidan na anak ni Gideon, pinuno ng mga kaapu-apuhan ni Benjamin. **61** Ang kaniyang handog ay isang pilak na pinggan na tumitimbang ng 130 siklo at isang mangkok na pilak na tumitimbang ng pitumpung siklo, ayon sa pamantayang timbang ng santuwaryong siklo. Kapwa puno ang mga bagay na ito ng pinong harina na hinaluan ng langis para sa handog na pagkaing butil. **62**

Nagbigay din siya ng isang gintong pinggan na tumitimbang
ng sampung siklo, puno ng insenso. 63 Nagbigay siya ng
isang batang toro, isang lalaking tupa at isang taong gulang
na lalaking tupa bilang alay na susunugin. 64 Nagbigay
siya ng isang lalaking kambing bilang handog para sa
kasalanan. 65 Nagbigay siya ng dalawang lalaking baka,
limang lalaking tupa, limang lalaking kambing, at limang
lalaking tupa na isang taong gulang, bilang alay na handog
para sa pagtitipon-tipon. Ito ang alay ni Abidan na anak
ni Gideon. 66 Sa ikasampung araw, nag-alay ng kaniyang
handog si Ahiezer na anak ni Ammisaddai, pinuno ng mga
kaapu-apuhan ni Dan. 67 Ang kaniyang handog ay isang
pilak na pinggan na tumitimbang ng 130 siklo at isang
mangkok na pilak na tumitimbang ng pitumpung siklo, ayon
sa pamantayang timbang ng santuwaryong siklo. Kapwa
puno ang mga bagay na ito ng pinong harina na hinaluan ng
langis para sa handog na pagkaing butil. 68 Nagbigay din
siya ng isang gintong pinggan na tumitimbang ng sampung
siklo, puno ng insenso. 69 Nagbigay siya ng isang batang
toro, isang lalaking tupa at isang taong gulang na lalaking
tupa bilang alay na susunugin. 70 Nagbigay siya ng isang
lalaking kambing bilang alay para sa kasalanan. 71 Nagbigay
siya ng dalawang lalaking baka, limang lalaking tupa, limang
lalaking kambing, at limang lalaking tupa na isang taong
gulang, bilang alay na handog para sa pagtitipon-tipon. Ito
ang alay ni Ahiezer na anak ni Ammisaddai. 72 Sa ikalabing
isang araw, nag-alay ng kaniyang handog si Pagiel na anak
ni Okran, pinuno ng mga kaapu-apuhan ni Aser. 73 Ang
kaniyang handog ay isang pilak na pinggan na tumitimbang
ng 130 siklo at isang mangkok na pilak na tumitimbang
ng pitumpung siklo, ayon sa pamantayang timbang ng
santuwaryong siklo. Kapwa puno ang mga bagay na ito
ng pinong harina na hinaluan ng langis para sa handog
na butil. 74 Nagbigay din siya ng isang gintong pinggan
na tumitimbang ng sampung siklo, puno ng insenso. 75
Nagbigay siya ng isang batang toro, isang lalaking tupa at
isang taong gulang na lalaking tupa bilang alay na susunugin.
76 Nagbigay siya ng isang lalaking kambing bilang alay
para sa kasalanan. 77 Nagbigay siya ng dalawang lalaking
baka, limang lalaking tupa, limang lalaking kambing, at
limang lalaking tupa na isang taong gulang, bilang alay
na handog para sa pagtitipon-tipon. Ito ang alay ni Pagiel
na anak ni Okran. 78 Sa ikalabindalawang araw, nag-alay
ng kaniyang handog si Ahira na anak ni Enan, pinuno ng
mga kaapu-apuhan ni Neftali. 79 Ang kaniyang handog ay
isang pilak na pinggan na tumitimbang ng 130 siklo at isang
mangkok na pilak na tumitimbang ng pitumpung siklo, ayon
sa pamantayang timbang ng santuwaryong siklo. Kapwa
puno ang mga bagay na ito ng pinong harina na hinaluan ng
langis para sa handog na butil. 80 Nagbigay din siya ng
isang gintong pinggan na tumitimbang ng sampung siklo, na
puno ng insenso. 81 Nagbigay siya ng isang batang toro,
isang lalaking tupa at isang taong gulang na lalaking tupa
bilang alay na susunugin. 82 Nagbigay siya ng isang lalaking
kambing bilang alay para sa kasalanan. 83 Nagbigay siya ng
dalawang lalaking baka, limang lalaking tupa, limang lalaking
kambing, at limang lalaking tupa na isang taong gulang,
bilang alay na handog para sa pagtitipon-tipon. Ito ang alay ni
Ahira na anak ni Enan. 84 Itinalaga ng mga pinuno ng Israel
ang lahat ng bagay na ito sa araw na binuhusan ni Moises
ng langis ang altar. Naglaan sila ng labindalawang pilak na
pinggan, labindalawang mangkok na pilak at labindalawang
gintong pinggan. 85 Bawat pilak na pinggan ay tumitimbang
ng 130 siklo at bawat mangkok ay tumitimbang ng pitumpung
siklo. Tumitimbang ng 2, 400 siklo ang lahat ng lalagyang
pilak, ayon sa pamantayang timbang ng santuwaryong
siklo. 86 Bawat isa sa labindalawang gintong pinggan, na
puno ng insenso ay tumitimbang ng sampung siklo ayon
sa pamantayang timbang ng santuwaryong siklo. Lahat ng
gintong pinggan ay tumitimbang ng 120 siklo. 87 Itinalaga
nila ang labindalawang batang toro, labindalawang lalaking
tupa at labindalawang lalaking tupa na isang taong gulang
bilang alay na susunugin. Ibinigay nila ang kanilang handog
na butil. Ibinigay nila ang labindalawang lalaking kambing
bilang alay para sa kasalanan. 88 Mula sa lahat ng kanilang
mga alagang hayop, nagbigay sila ng dalawampu't apat
na toro, animnapung lalaking tupa, animnapung lalaking
kambing at animnapung lalaking tupang isang taong gulang,
bilang alay na handog para sa pagtitipon-tipon. Para ito
sa paglalaan ng altar, nang binuhusan ito ng langis. 89
Nang pumasok si Moises sa tolda ng pagpupulong upang
makipag-usap kay Yahweh, narinig niya ang kaniyang tinig
na kinakausap siya. Kinausap siya ni Yahweh mula sa itaas
ng takip ng luklukan ng awa na nasa kaban ng tipan, mula sa
gitna ng dalawang kerubim. Nakipag-usap siya sa kaniya.

**8** Nagsalita si Yahweh kay Moises. Sinabi niya, 2 “Kausapin
mo si Aaron. Sabihin mo sa kaniya, 'Dapat magbigay
ng liwanag ang pitong ilawan sa harapan ng patungan ng
ilaw kapag sinindihan mo ang mga ito.'" 3 Ginawa ito ni
Aaron. Sinindihan niya ang mga ilawan na nasa patungan
ng ilawan upang magbigay ng liwanag sa harapan nito, gaya
ng inutos ni Yahweh kay Moises. 4 Ginawa ang patungan ng
ilawan sa ganitong paraan: Ipinakita ni Yahweh kay Moises
ang huwaran para rito: pinanday na ginto mula sa paanan
hanggang sa itaas nito, kasama ang mga basong pinanday
na parang mga bulaklak. 5 Muling nagsalita si Yahweh kay
Moises. Sinabi niya, 6 “Kunin mo ang mga Levita mula
sa mga tao ng Israel at gawin mo silang dalisay. 7 Gawin

mo ito sa kanila upang gawin silang malinis: Iwisik mo sa kanila ang tubig na panlinis ng kasalanan. Paahitan mo sa kanila ang kanilang buong katawan, palabhan mo ang kanilang mga damit, at sa ganitong paraan gawing malinis ang kanilang sarili. 8 Pagkatapos pakuhain mo sila ng isang batang toro at ng handog butil ng pinong harinang hinaluan ng langis. Pakuhain mo sila ng isa pang batang toro bilang handog para sa kasalanan. 9 Idulog mo ang mga Levita sa harapan ng tolda ng pagpupulong, at tipunin mo ang buong sambayanan ng Israel. 10 Idulog mo ang mga Levita sa aking harapan, ni Yahweh. Dapat ipatong ng mga tao ng Israel ang kanilang mga kamay sa mga Levita. 11 Dapat ihandog ni Aaron ang mga Levita sa aking harapan, idulog mo sila na para bang itinaas sila sa kaniyang harapan, sa ngalan ng mga tao ng Israel. Dapat niyang gawin ito upang makapaglingkod sa akin ang mga Levita. 12 Dapat ipatong ng mga Levita ang kanilang mga kamay sa ulo ng mga toro. Dapat kang maghandog ng isang toro bilang alay para sa kasalanan at ang ibang toro bilang alay na susunugin sa akin, upang ibayad sa kasalanan ng mga Levita. 13 Idulog mo ang mga Levita sa harapan ni Aaron at sa harapan ng kaniyang mga anak, at itaas mo sila sa akin bilang handog. 14 Sa ganitong paraan dapat mong ihiwalay ang mga Levita mula sa mga tao ng Israel. Mapapabilang sa akin ang mga Levita. 15 Pagkatapos nito, dapat pumasok ang mga Levita upang maglingkod sa tolda ng pagpupulong. Dapat gawin mo silang dalisay. Dapat mo silang itaas sa akin bilang handog. 16 Gawin mo ito, dahil akin silang lahat mula sa mga tao ng Israel. Sila ang magiging kapalit ng bawat batang lalaking unang ipapanganak, ang panganay sa lahat ng kaapu-apuhan ng Israel. Kinuha ko ang mga Levita para sa aking sarili. 17 Sa akin ang lahat ng panganay mula sa mga tao ng Israel, kapwa mga tao at mga hayop. Sa araw na kinuha ko ang mga buhay ng lahat ng panganay sa lupain ng Ehipto, inilaan ko sila para sa aking sarili. 18 Kinuha ko ang mga Levita mula sa mga tao ng Israel sa halip na ang lahat ng panganay. 19 Ibinigay ko ang mga Levita bilang isang regalo kay Aaron at sa kaniyang mga anak na lalaki. Kinuha ko sila mula sa mga tao ng Israel upang gawin ang gawain ng mga tao ng Israel sa tolda ng pagpupulong. Ibinigay ko sila upang magbayad ng kasalanan para sa mga tao ng Israel upang walang salot ang pipinsala sa mga tao kapag lumapit sila sa banal na lugar." 20 Ginawa ito nina Moises, Aaron, at ng buong sambayanan ng Israel kasama ang mga Levita. Ginawa nila ang lahat ng bagay na inutos ni Yahweh kay Moises ukol sa mga Levita. Ginawa ito ng mga tao ng Israel na kasama nila. 21 Ginawang dalisay ng mga Levita ang kanilang sarili mula sa kasalanan sa pamamagitan ng paglalaba ng kanilang mga damit. Idinulog sila ni Aaron bilang isang handog kay Yahweh at ibinayad sila sa kasalanan para sa kanila, upang gawin silang dalisay. 22 Pagkatapos nito, pumasok ang mga Levita upang isagawa ang kanilang paglilingkod sa tolda ng pagpupulong sa harapan ni Aaron at sa harapan ng kaniyang mga anak na lalaki. Ito ang inutos ni Yahweh kay Moises tungkol sa mga Levita. Pinakitunguhan nila ang mga Levita sa ganitong paraan. 23 Muling nagsalita si Yahweh kay Moises. Sinabi niya, 24 "Ang lahat ng ito ay para sa mga Levitang dalawampu't-limang taong gulang pataas. Dapat silang sumama sa mga samahan upang maglingkod sa tolda ng pagpupulong. 25 Dapat silang tumigil sa paglilingkod sa paraang ganito sa gulang na limampung taon. Sa edad na iyan, hindi na sila dapat maglingkod pa. 26 Maaari nilang tulungan ang kanilang mga kapatid na patuloy na gumagawa sa tolda ng pagpupulong, ngunit hindi na sila dapat maglingkod pa. Dapat mong atasan ang mga Levita sa lahat ng bagay na ito."

**9** Nagsalita si Yahweh kay Moises sa ilang ng Sinai, sa unang buwan ng ikalawang taon matapos silang makalabas mula sa lupain ng Ehipto. Sinabi niya, 2 "Hayaan mong panatilihin ng mga tao ng Israel ang Paskua sa nakatakdang panahon nito sa bawat taon. 3 Sa paglubog ng araw sa ikalabing-apat na araw ng buwang ito, dapat ninyong ipagdiwang ang Paskua sa nakatakdang panahon nito sa bawat taon. Dapat ninyong panatilihin ito, sundin ang lahat ng alituntunin at sumunod sa lahat ng utos na kaugnay rito." 4 Kaya sinabi ni Moises sa mga tao ng Israel na dapat nilang panatilihin ang Pagdiriwang ng Paskua. 5 Kaya ipinagdiwangi nila ang Paskua sa unang buwan, sa gabi ng ikalabing-apat na araw ng buwan, sa ilang ng Sinai. Sinunod ng mga tao ng Israel ang lahat ng bagay na iniutos ni Yahweh kay Moises na kaniyang gawin. 6 May ilang kalalakihang naging marumi sa pamamagitan ng patay na katawan ng isang tao. Hindi nila magawang ipagdiwang ang Paskua sa araw ding iyon, pinuntahan nila sina Moises at Aaron sa parehong araw na iyon. 7 Sinabi ng mga lalaking iyon kay Moises, "Marumi kami dahil sa patay na katawan ng isang tao. Bakit mo kami pinipigilan sa pag-aalay ng handog kay Yahweh sa panahon panahon ng bawat taon sa mga tao ng Israel?" 8 Sinabi ni Moises sa kanila, "Hintayin ninyo na marinig ko kung ano ang itatagubilin ni Yahweh tungkol sa inyo." 9 Nagsalita si Yahweh kay Moises. Sinabi niya, 10 Magsalita ka sa mga tao ng Israel. Sabihin mo, ''Kung sinuman sa inyo o sa inyong mga kaapu-apuhan ay marumi dahil sa isang patay na katawan, o nasa isang mahabang paglalakabay, maaari pa rin niyang ipagdiwang ang Paskua para kay Yahweh.' 11 Dapat nilang ipagdiwang ang Paskua sa ikalawang buwan sa gabi ng

ikalabing-apat na araw. Dapat nilang kainin ito kasama ng
tinapay na walang pampaalsa at mga gulay na mapait. **12**
Wala silang dapat ititira nito hanggang sa umaga, ni dapat
nilang baliin ang isang buto ng mga hayop. Dapat nilang
sundin ang lahat ng alituntunin para sa Paskua. **13** Ngunit
sinumang taong malinis at wala sa isang paglalakbay, ngunit
nabigong ipagdiwang ang Paskua, dapat itiwalag ang taong
iyon mula sa kaniyang mga tao dahil hindi siya nag-alay
ng handog na inatas ni Yahweh sa nakatakdang panahon
ng bawat taon. Dapat dalhin ng taong iyon ang kaniyang
kasalanan. **14** Kung nakikitira ang isang dayuhan sa inyo at
ipinagdiriwang ang Paskua sa karangalan ni Yahweh, dapat
niyang panatilihin ito at gawin lahat ng kaniyang iniuutos,
sinusunod ang mga alituntunin ng Paskua at sinusunod ang
mga batas para rito. Dapat kayong magkaroon ng parehong
batas para sa dayuhan at para sa lahat ng ipinanganak sa
lupain." **15** Sa araw na itinayo ang tabernakulo, binalot ng
ulap ang tabernakulo, ang tolda ng kautusang tipan. Sa gabi
nasa itaas ng tabernakulo ang ulap. Nagpakita ito na parang
apoy hanggang sa umaga. **16** Nagpatuloy ito sa paraang
ganito. Binalot ng ulap ang tabernakulo at nagpakita na
parang apoy sa gabi. **17** Sa tuwing tumataas ang ulap mula
sa ibabaw ng tolda, naghahanda sa paglalakbay ang mga
tao ng Israel. Sa tuwing titiigil ang ulap, nagkakampo ang
mga tao. **18** Sa utos ni Yahweh, naglalakbay ang mga tao
ng Israel, at sa kaniyang utos, nagkakampo sila. Habang
nakatigil ang ulap sa ibabaw ng tabernakulo, nananatili
sila sa kanilang kampo. **19** Kapag nananatili ang ulap
sa tabernakulo ng maraming araw, maaaring sundin ng
mga tao ng Israel ang mga tagubilin ni Yahweh at huwag
maglakbay. **20** Minsan nananatili ang ulap ng kaunting araw
sa tabernakulo. Sa panahong iyon, susundin nila ang utos ni
Yahweh—magkakampo sila at maglalakbay muli sa kaniyang
utos. **21** Minsan naroroon ang ulap sa kampo mula gabi
hanggang sa umaga. Kapag tumataas ang ulap sa umaga,
maglalakbay sila. Kung magpapatuloy ito ng isang araw
at isang gabi, kapag tumaas lamang ang ulap na sila ay
magpapatuloy sa paglalakbay. **22** Kahit nananatili ang ulap
sa tabernakulo ng dalawang araw, isang buwan o isang
taon, habang nananatili ito roon, mananatili ang mga tao
ng Israel sa kanilang kampo at hindi maglalakbay. Ngunit
kapag tumaas ang ulap, nagpapatuloy sila sa kanilang
paglalakbay. **23** Maaari silang magkampo sa utos ni Yahweh
at maglalakaby sa kaniyang utos. Sinusunod nila ang utos ni
Yahweh sa pamamagitan ni Moises.

**10** Nagsalita si Yahweh kay Moises. Sinabi niya, **2**
"Gumawa ka ng dalawang trumpetang pilak. Pandayin
mo ang pilak upang makagawa ng mga ito. Dapat gamitin
mo ang mga trumpeta upang tawagin ang sambayanan
nang sama-sama at upang sabihin sa sambayanang ilipat
ang kanilang mga kampo. **3** Dapat hipan ng mga pari ang
mga trumpeta upang tipunin ang buong sambayanan sa
iyong harapan sa pasukan ng tolda ng pagpupulong. **4** Kung
isang trumpeta lamang ang hihipan ng mga pari, ang mga
pinuno, ang mga pangulo ng mga angkan ng Israel ay dapat
magkatipon sa iyo. **5** Kapag humihip ka ng isang malakas
na hudyat, ang mga kampo sa silangang dako ay dapat
nilang simulan ang paglalakbay. **6** Kapag humihip kayo ng
isang malakas na hudyat sa pangalawang pagkakaton, ang
mga kampo sa katimugang dako ay dapat nilang simulan
ang kanilang paglalakbay. Dapat humihip sila ng isang
malakas na hudyat para sa kanilang mga paglalakbay. **7**
Kapag nagtitipun-tipon ang sambayanan, hipan mo ang mga
trumpeta, ngunit mahina. **8** Dapat hipan ng mga lalaking
anak ni Aaron na mga pari, ang mga trumpeta. Palagi
itong magiging isang kautusan para sa inyo sa kabuuan
ng salinlahi ng inyong mga tao. **9** Kapag pumunta kayo
sa digmaan sa inyong lupain laban sa isang kaaway na
nagmamalupit sa inyo, dapat kayong magpatunog ng isang
hudyat gamit ang mga trumpeta. Ako, si Yahweh, ang inyong
Diyos, aalalahanin ko kayo at ililigtas mula sa inyong mga
kaaway. **10** Gayundin, sa oras ng pagdiriwang, kapwa ang
inyong karaniwang mga pagdiriwang at sa simula ng mga
buwan, dapat hipan ninyo ang mga trumpeta sa karangalan
ng inyong mga alay na susunugin at sa mga alay para sa
inyong handog para sa pagtitipon-tipon. Magsisilbi itong
alaala ninyo sa akin, na inyong Diyos. Ako si Yahweh, na
inyong Diyos." **11** Sa ikalawang taon, sa ikalawang buwan,
sa ikadalawampung araw ng buwan, ang ulap ay tumaas
mula sa tabernakulo ng toldang tipanan. **12** Patuloy ang
mga tao ng Israel sa kanilang paglalakbay mula sa ilang ng
Sinai. Huminto ang ulap sa ilang ng Paran. **13** Nagawa nila
ang kanilang unang paglalakbay, sinusunod nila ang utos ni
Yahweh na kaniyang ibinigay sa pamagitan ni Moises. **14**
Ang kampong nasa ilalim ng bandila ng mga kaapu-apuhan
ni Juda ang unang lumabas, inilabas nila ang kani-kanilang
mga hukbo. Si Naason na anak ni Aminadab ang nanguna sa
hukbo ni Juda. **15** Si Nathanel na anak ni Zuar ang nanguna
sa hukbo ng tribu ng mga kaapu-apuhan ni Isacar. **16** Si
Eliab na anak ni Helon ang nanguna sa hukbo ng tribui ng
mga kaapu-apuhan ni Zebulun. **17** Ang mga kaapu-apuhan
nina Gerson at Merari, na siyang nangalaga sa tabernakulo,
ang kumuha sa tabernakulo at inihanda para sa kanilang
paglalakbay. **18** Sumunod, ang mga hukbo na nasa ilalim
ng bandila ng kampo ni Ruben ang humayo sa kanilang
paglalabay. Si Elizur na anak ni Seduer ang nanguna sa
hukbo ni Ruben. **19** Si Selumiel na anak ni Zurisaddai ang
nanguna sa hukbo ng tribu ng mga kaapu-apuhan ni Simeon.

20 Si Eliasaf na anak ni Deuel ang nanguna sa hukbo ng
tribu ng mga kaapu-apuhan ni Gad. 21 Humayo ang mga
tribu ni Kohatita. Dinala nila ang kagamitan ng banal na
santuwaryo. Nagtayo ang iba ng kanilang tabernakulo bago
dumating ang mga Kohatita sa kasunod na kampo. 22 Ang
mga hukbo na nasa ilalim ng bandila ng mga kaapu-apuhan
ni Efraim ang sumunod na humayo. Si Elisama na lalaking
anak ni Ammiud ang nanguna sa hukbo ni Efraim. 23 Si
Gamaliel na lalaking anak ni Pedasur ang nanguna sa hukbo
ng tribu ng mga kaapu-apuhan ni Manases. 24 Si Abidan
na lalaking anak ni Gideon ang nanguna sa hukbo ng tribu
ng mga kaapu-apuhan ni Benjamin. 25 Ang mga hukbong
nagkampo sa ilalim ng bandila ng kaapu-apuhan ni Dan ang
huling lumabas. Si Ahieser na lalaking anak ni Amisaddai
ang nanguna sa hukbo ni Dan. 26 Si Pagiel na lalaking anak
ni Okran ang nanguna sa hukbo ng tribu ng mga kaapu-
apuhan ni Aser. 27 Si Ahira na lalaking anak ni Enan ang
nanguna sa hukbo ng tribu ng mga kaapu-apuhan ni Neftali.
28 Ito ang paraan ng mga hukbo ng mga tao ng Israel sa
paghayo sa kanilang paglalakbay. 29 Nagsalita si Moises
kay Hobab na lalaking anak ni Ruel na Medianita. Si Ruel ay
ama ng asawa ni Moises. Nagsalita si Moises kay Hobab at
sinabi, "Maglalakbay kami sa isang lugar na inilarawan ni
Yahweh. Sinabi ni Yahweh, 'Ibibigay ko ito sa inyo.' Sumama
ka sa amin at gagawan ka namin ng mabuti. Ipinangako ni
Yahweh na gagawa siya ng mabuti sa Israel." 30 Ngunit
sinabi ni Hobab kay Moises, "Hindi ako sasama sa inyo.
Pupunta ako sa aking sariling lupain at sa aking sariling
mga tao." 31 At sumagot si Moises, "Pakiusap, huwag mo
kaming iwan. Alam mo kung paano magkampo sa ilang.
Dapat bantayan mo kami. 32 Kung sasama ka sa amin,
gagawin namin sa iyo ang parehong kabutihang ginawa ni
Yahweh sa amin." 33 Naglakbay sila sa loob ng tatlong araw
mula sa bundok ni Yahweh. Nauna sa kanila ang kaban ng
tipan ni Yahweh nang tatlong araw upang maghanap ng
lugar na maaari nilang mapagpahingahan. 34 Nasa itaas nila
ang ulap ni Yahweh sa araw habang naglalakbay sila. 35 Sa
tuwing ilalabas ang kaban, sasabihin ni Moises, "Tumindig
ka, Yahweh. Ikalat mo ang iyong mga kaaway. Palayasin mo
ang mga taong napopoot sa iyo." 36 Sa tuwing hihinto ang
kaban, sasabihin ni Moises, "Bumalik ka, Yahweh, sa libu-
libong Israelita."

**11** Ngayon nagreklamo ang mga tao tungkol sa kanilang
mga kabalisahan habang nakikinig si Yahweh. Narinig
ni Yahweh ang mga tao at nagalit. Nagliyab sa kanila ang
apoy na mula kay Yahweh at tinupok ang ilang bahagi ng
kampo sa mga gilid nito. 2 Pagkatapos tumawag ang mga
tao kay Moises, kaya nanalangin si Moises kay Yahweh, at
huminto ang apoy. 3 Pinangalanan ang lugar na iyon na
Tabera, sapagkat nagliyab ang apoy ni Yahweh sa kanila. 4
Ilang dayuhan ang nagsimulang magkampo kasama ang
mga kaapu-apuhan ng Israel. Gusto nilang kumain ng
masasarap na pagkain. Pagkatapos nagsimulang umiyak
ang mga tao ng Israel at sinabi, "Sino ang magbibigay sa atin
ng karne na kakainin? 5 Naaalala namin ang isda na kinain
namin nang libre sa Ehipto, ang mga pipino, mga pakwan,
mga dahon ng sibuyas o lasuna, ang mga sibuyas, at
bawang. 6 Ngayon nanghihina kami. Wala kaming makitang
makakain kundi manna." 7 Ang manna ay kahalintulad ng
buto ng kulantro. Ito ay parang dagta. 8 Ang mga tao ay
naglalakad sa paligid at tinitipon ito. Ginigiling nila ito sa
mga gilingan, binabayo ito sa mga bayuhan, pinakukuluan
ito sa mga palayok, at ginagawang keyk. Ang lasa nito ay
parang sariwang langis ng olibo. 9 Kapag bumaba ang
hamog sa kampo sa gabi, bumabagsak din ang manna.
10 Narinig ni Moises ang iyakan ng mga tao sa kanilang
mga pamilya, at ang bawat lalaki ay naroon sa pasukan
sa kaniyang tolda. Labis na nagalit si Yahweh, at sa mga
mata ni Moises ang pagrereklamo nila ay mali. 11 Sinabi ni
Moises kay Yahweh, "Bakit mo pinakitunguhan ang iyong
lingkod ng masama? Bakit hindi ka nasisiyahan sa akin?
Ipinapasan mo sa akin ang pasanin ng lahat ng taong ito.
Ipinagbuntis ko ba ang lahat ng mga taong ito? 12 Ako ba
ang nagsilang sa kanila upang sabihin mo sa akin, 'Dalhin
mo sila sa iyong kandungan tulad ng pagdadala ng isang
ama sa isang sanggol?' Kailangan ko ba silang dalhin sa
lupain na iyong ipinangako sa kanilang mga ninuno upang
ibigay sa kanila? 13 Saan ako makakahanap ng karne na
ibibigay ko sa lahat ng taong ito? Umiiyak sila sa aking
harapan at sinasabin, 'Bigyan mo kami ng karneng kakainin.'
14 Hindi ko na madalang mag-isa ang mga taong ito. Sobra
na sila para sa akin. 15 Yamang pinakikitunguhan mo ako sa
ganitong paraan, patayin mo na ako ngayon, kung mabait ka
sa akin, at alisin ang aking paghihirap." 16 Sinabi ni Yahweh
kay Moises, "Dalhin mo sa akin ang pitumpung nakakatanda
ng Israel. Tiyaking sila ang mga nakakatanda at mga opisyal
ng mga tao. Dalhin mo sila sa tolda ng pagpupulong upang
tumayo roong kasama mo. 17 Bababa ako at kakausapin ko
kayo roon. Kukunin ko ang ilan sa Espiritu na nasa iyo at
ilalagay ko ito sa kanila. Dadalhin nila ang pagpapahirap ng
mga tao kasama mo. Hindi mo na dadalhin itong mag-isa.
18 Sabihin mo sa mga tao, 'Italaga ninyo ang inyong mga
sarili kay Yahweh bukas. Tunay na kakakain kayo ng karne,
sapagkat umiyak kayo sa pandinig ni Yahweh. Sinabi ninyo,
"Sino ang magbibigay sa atin ng karne upang ating kainin?
Naging mabuti ito para sa atin sa Ehipto." Kaya bibigyan kayo
ni Yahweh ng karne, at kakainin ninyo ito. 19 Hindi lamang
kayo kakain ng karne sa loob ng isang araw, sa dalawang

araw, sa limang araw, sa sampung araw, o sa dalawampung
araw, 20 ngunit kakain kayo ng karne sa loob ng buong
isang buwan hanggang sa ito ay lumabas sa inyong mga
ilong. Ito ang magpapadiri sa inyo dahil itinakwil ninyo si
Yahweh, na siyang kasama ninyo. Umiyak kayo sa kaniyang
harapan. Sinabi ninyo, "Bakit pa natin iniwan ang Ehipto?""'"
21 Pagkatapos sinabi ni Moises, "Kasama ko ang 600, 000
na katao, at sinabi mo, 'Bibigyan ko sila ng karne sa loob ng
isang buong buwan.' 22 Papatay ba kami ng kawan ng mga
tupa at kawan ng mga baka upang magkasya sa kanila?
Huhulihin ba namin ang lahat ng isda sa karagatan upang
magkasya sa kanila?" 23 Sinabi ni Yahweh kay Moises,
"Maiksi ba ang kamay ko? Ngayon makikita mo kung totoo
ang aking salita." 24 Lumabas si Moises sa tolda at sinabi
niya sa mga tao ang mga salita ni Yahweh. Tinipon niya ang
pitumpu sa mga nakakatanda ng mga tao at pumalibot sila
sa tolda. 25 Bumaba si Yahweh sa ulap at nagsalita kay
Moises. Kinuha ni Yahweh ang ilan sa Espiritu na naroon
kay Moises at nilagay ito sa pitumpung nakakatanda. Nang
tumahan ang Espiritu sa kanila, nagpahayag sila, ngunit sa
pagkakataong iyon lamang at hindi na naulit pa. 26 Dalawang
lalaking nagngangalang Eldab at Medad ang naiwan sa
kampo. Tumahan din sa kanila ang Espiritu. Nakasulat ang
kanilang pangalan sa listahan, ngunit hindi sila lumabas
sa tolda. Gayon pa man, nagpahayag sila sa kampo. 27
Isang binatang nasa kampo ang tumakbo at sinabi kay
Moises, "Sina Eldad at Medad ay nagpapahayag sa kampo."
28 Si Josue na lalaking anak ni Nun, ang tagapangasiwa
ni Moises, ang isa sa mga lalaking pinili ang nagsabi kay
Moises, "Aking among Moises, pigilan mo sila." 29 Sinabi ni
Moises sa kaniya, "Naninibugho ka ba para sa kapakanan
ko? Nais kong lahat ng tao ni Yahweh ay mga propeta at
ilagay niya ang kaniyang Espiritu sa kanilang lahat!" 30 At
bumalik sa kampo si Moises at ang mga nakakatanda ng
Israel. 31 Pagkatapos, isang hangin ang dumating mula
kay Yahweh at nagdala ng pugo mula sa dagat. Bumagsak
ang mga ito malapit sa kampo, na may isang araw na
paglalakbay sa isang dako at isang araw na paglalakbay sa
kabilang dako. Pumalibot ang mga pugo sa kampo na may
dalawang siko ang taas mula sa lupa. 32 Ang mga tao ay
abala sa paghuhuli sa mga pugo ng buong araw, buong gabi,
at sa sumunod na araw. Walang nanghuli ng mas kaunti
sa sampung homer ng pugo. Ibinahagi nila ang mga pugo
sa buong kampo. 33 Habang nasa pagitan pa ng kanilang
ngipin ang karne, habang nginunguya nila ito, nagalit si
Yahweh sa kanila. Pinadalhan niya ang mga tao ng isang
napakatinding sakit. 34 Pinangalanan ang lugar na iyon
na Kibrot-hataava dahil doon nila inilibing ang mga taong
nanabik sa karne. 35 Mula sa Kibrot-hataava, naglakbay ang
mga tao patungong Hazerot, kung saan sila nanatili.

12 Pagkatapos, nagsalita sina Miriam at Aaron laban
kay Moises dahil sa isang babaeng taga-Cus na
napangasawa niya. 2 Sinabi nila, "Kay Moises lamang
ba nagsalita si Yahweh? Hindi rin ba siya nagsalita sa
amin?" Ngayon narinig ni Yahweh kung ano ang kanilang
sinabi. 3 Ngayon ang lalaking si Moises ay lubos na
mapagpakumbaba, higit pa sa sinuman sa mundo. 4 Agad-
agad nagsalita si Yahweh kay Moises, Aaron at Miriam:
"Lumabas kayong tatlo, sa tolda ng pagpupulong." Kaya
lumabas silang tatlo. 5 Pagkatapos, bumaba si Yahweh
sa isang haligi ng ulap. Tumayo siya sa pasukan ng tolda
at tinawag sina Aaron at Miriam. Kapwa sila lumapit. 6
Sinabi ni Yahweh, "Ngayon makinig kayo sa aking mga
salita. Kapag kasama ninyo ang aking propeta, inihahayag
ko ang aking sarili sa kaniya sa mga pangitain at nagsasalita
ako sa kaniya sa mga panaginip. 7 Hindi ganyan ang
aking lingkod na si Moises. Matapat siya sa lahat ng aking
sambahayan. 8 Tuwiran akong nagsasalita kay Moises,
hindi sa pamamagitan ng mga pangitain o mga bugtong.
Nakikita niya ang aking anyo. Kaya bakit hindi kayo takot
na magsalita laban sa aking lingkod, laban kay Moises?"
9 Nag-alab ang galit ni Yahweh laban sa kanila at iniwan
niya sila. 10 Pumaitaas ang ulap mula sa ibabaw ng tolda,
at biglang naging ketongin si Miriam—pumuti siya kagaya
ng niyebe. Nang lumingon si Aaron kay Miriam, nakita
niya na nagkaroon siya ng ketong. 11 Sinabi ni Aaron
kay Moises, "Oh aking panginoon, pakiusap, huwag mong
ipataw ang kasalanang ito laban sa amin. Nagsalita kami
nang may kahangalan, at nagkasala kami. 12 Pakiusap
huwag siyang hayaang matulad sa isang patay na bagong
silang na naubos ang kalahati ng laman nang lumabas
mula sa sinapupunan ng kaniyang ina." 13 Kaya tumawag
si Moises kay Yahweh. Sinabi niya, "Pakiusap pagalingin
mo siya, oh Diyos, pakiusap." 14 Sinabi ni Yahweh kay
Moises, "Kung duraan ng kaniyang ama ang kaniyang
mukha, mapapahiya siya sa loob ng pitong araw. Huwag
ninyo siyang papasukin sa kampo sa loob ng pitong araw.
Pagkatapos nito, papasukin siyang muli." 15 Kaya pinanatili
si Miriam sa labas ng kampo sa loob ng pitong araw. Hindi
naglakbay ang mga tao hanggang sa makabalik siya sa
kampo. 16 Pagkatapos nito, naglakbay ang mga tao mula
Hazerot at nagkampo sa ilang ng Paran.

13 Pagkatapos, nagsalita si Yahweh kay Moises. Sinabi
niya, 2 "Magpadala ka ng ilang kalalakihan upang
suriin ang lupain ng Canaan na aking ibinigay sa mga tao ng
Israel. Magpadala ka ng isang lalaki mula sa bawat tribu

ng kanilang mga ninuno. Dapat pinuno ang bawat lalaki sa kanilang mga grupo." 3 Ipinadala sila ni Moises mula sa ilang ng Paran, upang masunod nila ang utos ni Yahweh. Lahat sila ay mga pinuno sa mga tao ng Israel. 4 Ito ang kanilang mga pangalan: mula sa tribu ni Ruben, Sammua na lalaking anak ni Zaccur. 5 Mula sa tribu ni Simeon, si Safat na lalaking anak ni Hori. 6 Mula sa tribu ni Juda, si Caleb na lalaking anak ni Jefune. 7 Mula sa tribu ni Isacar, si Igal na lalaking anak ni Jose. 8 Mula sa tribu ni Efraim, si Hosea na lalaking anak ni Nun. 9 Mula sa tribu ni Benjamin, si Palti na lalaking anak ni Rafu. 10 Mula sa tribu ni Zebulon, Gadiel na lalaking anak ni Sodi. 11 Mula sa mga kaapu-apuhan ni Jose na nagngangalang: Gaddi na anak ni Susi mula sa tribu ni Manases, 12 Mula sa tribu ni Dan, si Ammiel na lalaking anak ni Gemalli. 13 Mula sa tribu ni Aser, si Setur na lalaking anak ni Micael. 14 Mula sa tribu ni Neftali, si Nahabi na lalaking anak ni Vapsi. 15 Mula sa tribu ni Gad, si Geuel na lalaking anak ni Maki. 16 Ito ang mga pangalan ng mga lalaking ipinadala ni Moises upang suriin ang lupain. Tinawag ni Moises si Hosea na lalaking anak ni Nun sa pangalang Josue. 17 Ipinadala sila ni Moises upang suriin ang lupain ng Canaan. Sinabi niya sa kanila, "Pumunta kayo sa Negev at umakyat kayo sa maburol na lugar. 18 Suriin ninyo ang lupain upang makita kung ano ang katulad nito. Matiyagan ninyo ang mga taong nakatira roon, kung malakas o mahihina sila, at kung kaunti o marami sila. 19 Tingnan kung anong uri ng lupain ang kanilang tinitirhan. Ito ba ay maganda o hindi? Anong klase ng mga lungsod ang naroon? Tulad ba ito ng mga kampo o ang mga ito ba ay pinatibay na lungsod? 20 Tingnan kung anong uri ng lupa, kung ito ba ay mainam para sa pagpapalago ng pananim o hindi, at kung may mga puno roon o wala. Maging matapang at mag-uwi kayo ng mga bunga ng lupa." Ngayon ay panahon para sa mga unang hinog na ubas. 21 Kaya umakyat ang mga kalalakihan at sinuri ang lupain mula sa ilang ng Sin hanggang Rehob, malapit sa Lebo Hamat. 22 Umakyat sila mula sa Negev at dumating sa Hebron. Naroon ang mga Ahiman, Sesai, at Talmai, mga angkan na nagmula kay Anak. Ngayon, ang Hebron ay itinayo, pitong taon na bago ang Zoan sa Ehipto. 23 Nang dumating sila sa lambak ng Escol, pumutol sila ng isang sangang may kumpol ng ubas. Pinasan nila ito sa isang tungkod sa pagitan ng dalawa sa kanilang pangkat. Nagdala rin sila ng mga bunga ng granada at igos. 24 Pinangalanan ang lugar na iyon na lambak ng Escol, dahil sa kumpol ng ubas na pinutol ng mga Israelita doon. 25 Bumalik sila pagkalipas ng apatnapung araw mula sa pagsusuri sa lupain. 26 Bumalik sila kina Moises, Aaron at sa buong sambayanan ng Israel sa ilang ng Paran sa Kades. Nagdala sila ng ulat sa kanila at sa buong sambayanan, at ipinakita sa kanila ang bunga na nagmula sa lupain. 27 Sinabi nila kay Moises, "Narating namin ang lupain kung saan mo kami ipinadala. Tunay na dinadaluyan ito ng gatas at pulot-pukyutan. Narito ang ilan sa mga bunga mula roon. 28 Gayunman, ang mga taong nagtayo ng kanilang tahanan doon ay malalakas. Pinatibay at napakalawak ng kanilang mga lungsod. Nakita rin namin doon ang mga kaapu-apuhan ni Anak. Nakatira ang mga Amalekita sa Negev. 29 Naroon ang mga tahanan ng mga Hiteo, Jebuseo, at mga Amoreo sa burol na lugar. Naninirahan ang mga Cananeo malapit sa dagat at sa tabi ng Ilog Jordan." 30 Sinubukan ni Caleb na palakasin ang loob ng mga taong nakapalibot kay Moises. Sinabi niya, "Lusubin natin nang minsanan at kunin ito, dahil kayang-kaya nating sakupin ito." 31 Ngunit sinabi ng ibang kalalakihang pumunta kasama niya, "Hindi natin kayang lusubin ang mga tao dahil mas malakas sila kaysa sa atin." 32 Kaya ikinalat nila ang nakakapanghina ng loob na ulat sa mga tao ng Israel tungkol sa lupain na kanilang sinuri. Sinabi nila, "Ang lupain na aming tiningnan ay isang lupaing umuubos ng mga mamamayan nito. Matatangkad ang lahat ng mga taong nakita namin doon. 33 Nakita namin doon ang mga higante, mga kaapu-apuhan ni Anak, mga taong nagmula sa mga higante. Para kaming mga tipaklong sa aming paningin kung ihambing sa kanila, at maaaring ganoon din kami sa kanilang paningin."

**14** Umiyak nang malakas ang sambayanan sa gabing iyon. 2 Pinuna ng lahat ng mga tao ng Israel sina Moises at Aaron. Sinabi ng buong sambayanan sa kanila, "Nais naming kami ay namatay na lang sa lupain ng Ehipto, o dito sa ilang! 3 Bakit tayo dinala ni Yahweh sa lupaing ito upang mamatay sa pamamagitan ng espada? Ang ating mga asawa at mga maliliit na anak ay magiging mga biktima. Hindi ba mas mabuti para sa atin na bumalik sa Ehipto?" 4 Sinabi nila sa bawat isa, "Pumili tayo ng isa pang pinuno at bumalik tayo sa Ehipto." 5 At nagpatirapa sina Moises at Aaron sa harapan ng buong kapulungan ng sambayanan ng mga tao ng Israel. 6 Si Josue na anak na lalaki ni Nun at si Caleb na anak na lalaki ni Jefune ay pinunit ang kanilang mga damit, ang ilan sa mga ipinadala upang suriin ang lupain. 7 Nagsalita sila sa buong sambayanan ng mga tao ng Israel. Sinabi nila, "Isang napakabuting lupain ang aming dinaanan at siniyasat. 8 Kung nalulugod si Yahweh sa atin, sa gayon dadalhin niya tayo sa lupaing ito at ibibigay ito sa atin. Dinadaluyan ang lupain ng gatas at pulot-pukyutan. 9 Ngunit huwag kayong maghimagsik laban kay Yahweh at huwag kayong matakot sa mga tao ng lupain. Uubusin natin sila na kasindali ng pagkain. Maaalis mula sa kanila ang kanilang pananggalang, dahil kasama natin si Yahweh. Huwag ninyo silang katakutan." 10

Ngunit tinangka ng buong sambayanan na pagbabatuhin sila
hanggang mamatay. Pagkatapos, lumitaw ang kaluwalhatian
ni Yahweh sa tolda ng pagpupulong sa lahat ng mga tao
ng Israel. 11 Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Hanggang
kailan ba ako kamumuhian ng mga taong ito? Hanggang
kailan sila mabibigong magtiwala sa akin, sa kabila ng
lahat ng palatandaan ng aking kapangyarihan na aking
ginawa sa kanila? 12 Lulusubin ko sila ng salot, hindi ko sila
pamamanahan at gagawa ako mula sa iyong angkan ng
isang bansa na magiging higit na dakila at mas malakas
kaysa sa kanila.” 13 Sinabi ni Moises kay Yahweh, “Kung
gagawin mo ito, maririnig ng mga taga-Ehipto ang tungkol
dito, dahil sinagip mo ang mga tao mula sa kanila sa
pamamagitan ng iyong kapangyarihan. 14 Sasabihin nila
ito sa mga naninirahan sa lupain. Maririnig nila na ikaw,
Yahweh ay kapiling ng mga taong ito, dahil nakita ka nila
nang harapan. Nasa itaas ng iyong mga tao ang iyong ulap.
Pinangungunahan mo sila sa isang haligi ng ulap sa araw at
isang haligi ng apoy sa gabi. 15 Ngayon, kung papatayin mo
ang mga taong ito gaya ng isang tao, ang mga bansang
nakarinig sa iyong katanyagan ay magsasalita at sasabihin,
16 'Dahil hindi magawang dalhin ni Yahweh ang mga taong
ito sa lupaing kaniyang ipinangakong ibigay sa kanila,
pinatay niya sila sa ilang.' 17 Ngayon, nagmamakaawa
ako sa iyo, gamitin mo ang iyong dakilang kapangyarihan.
Sapagkat sinabi mo, 18 banayad si Yahweh kung magalit
at sagana sa tipan ng katapatan. Pinapatawad niya ang
kasamaan at pagsuway. Hindi siya magpapawalang sala
kapag dadalhin niya ang parusa ng kasalanan ng mga
ninuno sa kanilang mga kaapu-apuhan, hanggang sa ikatlo
at ikaapat na salinlahi.' 19 Patawad, nakikiusap ako sa iyo,
itong kasalanan ng mga tao dahil sa kadakilaan ng iyong
tipan ng katapatan, tulad ng palagi mong pagpapatawad
sa mga taong ito mula sa panahong nasa Ehipto sila
hanggang ngayon.” 20 Sinabi ni Yahweh, “Pinatawad ko
na sila ayon sa iyong kahilingan, 21 ngunit totoo, habang
nabubuhay ako at habang napupuno ang buong mundo ng
aking kaluwalhatian, 22 lahat ng mga taong iyon na nakakita
ng aking kaluwalhatian at sa mga palatandaan ng aking
kapangyarihang ginawa ko sa Ehipto at sa ilang—tinutukso
pa rin nila ako ng sampung beses at hindi nakinig sa aking
tinig. 23 Kaya sinabi kong tiyak na hindi nila makikita ang
lupaing aking ipinangako sa kanilang mga ninuno. Wala ni
isa sa kanilang namuhi sa akin ang makakakita nito, 24
maliban kay Caleb na aking lingkod, dahil mayroon siyang
ibang espiritu. Sinunod niya ako ng ganap; Dadalhin ko siya
sa lupaing kaniyang pinuntahan upang suriin. Aangkinin
ito ng kaniyang mga kaapu-apuhan. 25 (Ngayon nakatira
ang mga Amalekita at mga Cananeo sa lambak.) Bukas
lumiko kayo at pumunta sa ilang sa pamamagitan ng daan
ng Dagat ng mga Tambo.” 26 Nagsalita si Yahweh kay
Moises at kay Aaron. Sinabi niya, 27 “Hanggang kailan ko
ba dapat tiisin itong masamang sambayanang bumabatikos
sa akin? Narinig ko ang mga pagrereklamo ng mga tao
ng Israel laban sa akin. 28 Sabihin mo sa kanila, 'Dahil
ako ay buhay,' sinabi ni Yahweh, 'ayon sa sinabi mo sa
aking pandinig, gagawin ko ito sa inyo: 29 Babagsak ang
inyong mga patay na katawan sa ilang na ito, lahat kayong
nagreklamo laban sa akin, kayong nabilang na sa sensus,
ang kabuoang bilang ng mga tao mula sa dalawampung
taon pataas. 30 Tiyak na hindi kayo makakapunta sa lupaing
aking ipinangako upang gawin ninyong tahanan, maliban
kay Caleb na lalaking anak ni Jefune at Josue na lalaking
anak ni Nun. 31 Ngunit ang inyong mga maliliit na anak na
sinasabi ninyong magiging mga biktima, dadalhin ko sila sa
lupain. Mararanasan nila ang lupaing inyong tinanggihan! 32
At para sa inyo, babagsak sa ilang na ito ang mga patay
ninyong katawan. 33 Magiging pagala-gala ang inyong mga
anak sa ilang sa loob ng apatnapung taon. Dapat nilang
dalhin ang bunga ng inyong paghihimagsik hanggang sa
patayin ng ilang ang inyong mga katawan. 34 Tulad ng
bilang ng mga araw na sinuri ninyo ang lupain—apatnapung
araw, dapat din ninyong dalhin ang bunga ng inyong mga
kasalanan sa loob ng apatnapung taon—isang taon sa bawat
araw at dapat ninyong malaman kung ano ang katulad ng
maging aking kaaway. 35 Akong, si Yahweh, ang nagsalita.
Tiyak na gagawin ko ito sa buong masamang sambayanang
ito na nagtipun-tipon laban sa akin. Mauubos sila sa ilang
na ito. Dito sila mamamatay.'” 36 Kaya namatay lahat ng
lalaking ipinadala ni Moises upang tingnan ang lupain sa
pamamagitan ng salot sa harapan ni Yahweh. Ito ang mga
lalaking bumalik at nagdala ng isang masamang ulat tungkol
sa lupain. Sila ang nagdulot sa buong sambayanan na
magreklamo laban kay Moises. 38 Mula sa mga lalaking
pumunta upang tingnan ang lupain, tanging si Josue na anak
na lalaki ni Nun at si Caleb na anak na lalaki ni Jefune ang
natirang buhay. 39 Nang iulat ni Moises ang mga salitang
ito sa lahat ng tao ng Israel, nagluksa sila ng napakatindi.
40 Bumangon sila nang maaga at pumunta sa tuktok ng
bundok at sinabi, “Tingnan mo, narito kami at pupunta kami
sa lugar na ipinangako ni Yahweh, sapagkat nagkasala
kami.” 41 Ngunit sinabi ni Moises, “Bakit sinusuway ninyo
ngayon ang utos ni Yahweh? Hindi kayo magtatagumpay. 42
Huwag kayong umalis, dahil hindi ninyo kasama si Yahweh
upang pigilan kayo mula sa pagkakatalo sa pamamagitan ng
inyong mga kaaway. 43 Nandoon ang mga Amalekita at mga
Cananeo at mamamatay kayo sa pamamagitan ng espada
dahil tumalikod kayo mula sa pagsunod kay Yahweh. Kaya

hindi niya kayo sasamahan.” 44 Ngunit nagpumilit silang
umakyat sa maburol na lugar; gayunpaman, hindi umalis si
Moises ni ang kaban ng tipan ni Yahweh mula sa kampo. 45
Bumaba ang mga Amalekita at gayundin ang mga Cananeo
na nakatira sa mga burol na iyon. Nilusob nila ang mga
Israelita at tinalo silang lahat hanggang sa daan patungo ng
Horma.

**15** Pagkatapos, nagsalita si Yahweh kay Moises. Sinabi
niya, 2 “Magsalita ka sa mga tao ng Israel at sabihin
mo sa kanila, 'Kapag pumasok kayo sa lupain kung saan
kayo maninirahan, na ibibigay ni Yahweh sa inyo— 3 at
kapag maghandog kayo ng isang handog sa pamamagitan
ng apoy para sa kaniya—maging isang alay na susunugin, o
isang alay para sa isang panata o isang kusang handog, o
isang handog sa inyong mga pagdiriwang, upang magdulot
ng isang mabangong halimuyak para kay Yahweh mula
sa kawan o pangkat ng hayop— 4 dapat maghandog kay
Yahweh ang isang taong nagdadala ng alay ng isang handog
na butil ng ikasampu na epa ng pinong harinang hinaluan ng
ikaapat na hin ng langis. 5 Dapat din kayong maghanda
ng ikaapat na hin ng alak bilang inuming handog. Gawin
ninyo ito kasama ang alay na susunugin o kasama ang
alay ng bawat batang tupa. 6 Kung maghahandog kayo
ng isang lalaking tupa, dapat kayong maghanda ng isang
handog na butil ng dalawang ikasampu ng isang epa ng
pinong harinang hinaluan ng ikatatlo ng isang hin ng langis
bilang handog. 7 Para sa inuming handog, dapat kayong
maghandog ng ikatlo ng isang hin ng alak. Magdudulot ito
ng isang mabangong halimuyak para kay Yahweh. 8 Kapag
maghanda kayo ng isang toro bilang alay na susunugin o
bilang isang alay upang tuparin ang isang panata, o alay para
sa pagtitipon-tipon kay Yahweh, 9 sa gayon dapat kayong
maghandog kasama ng toro ang isang handog na butil ng
tatlong ikasampu ng isang epa ng pinong harinang hinaluan
ng kalahating hin ng langis. 10 Dapat kayong maghandog
bilang inuming handog ng kalahating hin ng alak, bilang
isang handog na pinaraan sa apoy, upang magdulot ng
mabangong halimuyak para kay Yahweh. 11 Dapat mangyari
ito sa ganitong paraan para sa bawat toro, para sa bawat
lalaking tupa, at para sa bawat lalaking batang mga tupa o
mga batang kambing. 12 Ang bawat alay na inyong ihahanda
at ihahandog ay dapat ninyong gawin ayon sa inilarawan
dito. 13 Dapat gawin ng lahat ng katutubong Israelita ang
mga bagay na ito sa ganitong paraan, kapag nagdadala
ang sinuman ng isang handog na pinaraan sa apoy, upang
magdulot ng mabangong halimuyak na kalugud-lugod kay
Yahweh. 14 Kung naninirahan ang isang dayuhan kasama
ninyo, o sinumang nakikitira sa inyo sa buong salinlahi ng
inyong mga tao, dapat siyang maghandog ng isang handog
na pinaraan sa apoy, upang magdulot ng isang mabangong
halimuyak para kay Yahweh. Dapat siyang kumilos gaya
ng inyong pagkilos. 15 Dapat may parehong batas lamang
para sa sambayanan at para sa dayuhang nakikitira sa inyo,
isang palagiang batas sa buong salinlahi ng inyong mga tao.
Kung ano kayo, gayundin dapat ang mga manlalakbay na
naninirahan kasama ninyo. Dapat siyang kumilos gaya ng
inyong pagkilos sa harapan ni Yahweh. 16 Ang parehong
batas at kautusan ang dapat masunod sa inyo at sa mga
dayuhang naninirahang kasama ninyo.'” 17 Muling nagsalita
si Yahweh kay Moises. Sinabi niya, 18 “Magsalita ka sa
mga tao ng Israel at sabihin mo sa kanila, 'Kapag dumating
kayo sa lupain kung saan ko kayo dadalhin, 19 kapag
kakainin ninyo ang pagkaing nagmula sa lupain, dapat
kayong maghandog ng isang handog at idulog ito sa akin.
20 Mula sa una ng inyong masang harina, dapat kayong
maghandog ng isang tinapay upang itaas ito bilang isang
itinaas na handog mula sa giikang palapag. Dapat ninyong
itaas ito sa ganitong paraan. 21 Dapat kayong magbigay sa
akin ng isang itinaas na handog sa buong salinlahi ng inyong
mga tao mula sa una ng inyong masang harina. 22 Minsan
magkakasala kayo nang hindi sinasadya, kapag hindi ninyo
sinunod ang lahat ng utos na ito na sinabi ko kay Moises—
23 lahat ng bagay na inutos ko sa inyo sa pamamagitan
ni Moises mula sa araw na sinimulan kong bigyan kayo
ng mga utos at hanggang sa buong salinlahi ng inyong
mga tao. 24 Patungkol sa hindi sinasadyang kasalanan na
hindi alam ng buong sambayanan, dapat maghandog ang
buong sambayanan ng isang batang toro bilang alay na
susunugin upang magdulot ng isang mabangong halimuyak
para kay Yahweh. Kalakip nito, dapat maghandog ng isang
handog na butil at inuming handog, ayon sa iniutos ng
batas, at isang lalaking kambing bilang isang handog para
sa kasalanan. 25 Dapat gumawa ang pari ng pagbabayad
ng kasalanan para sa lahat ng sambayanan ng Israel.
Patatawarin sila dahil ang kasalanan ay isang pagkakamali.
Dinala nila ang kanilang alay, ang isang handog para sa
akin na pinaraan sa apoy. Dinala nila ang kanilang handog
para sa kasalanan sa aking harapan para sa kanilang
pagkakamali. 26 At patatawarin ang lahat ng sambayanan ng
Israel, at ang mga dayuhang naninirahan kasama nila, dahil
nagkasala ang lahat ng tao nang hindi sinasadya. 27 Kung
nagkakasala ang isang tao nang hindi sinasadya, dapat
siyang maghandog ng isang babaeng kambing na isang
taong gulang bilang handog para sa kaniyang kasalanan. 28
Dapat maghandog ang pari ng pambayad ng kasalanan sa
harapan ni Yahweh para sa taong nagkasala nang hindi
sinasadya. Patatawarin ang taong iyon kapag maghandog
ng pambayad ng kasalanan. 29 Dapat magkaroon kayo ng

parehong batas para sa isang nakagawa ng anumang bagay
nang hindi sinasadya, ang parehong batas para sa taong
katutubo sa mga tao ng Israel at para sa mga dayuhang
naninirahan sa kanila. **30** Ngunit ang taong nakagawa ng
anumang bagay sa pagsuway, maging katutubo siya o isang
dayuhan, nilalapastangan niya ako. Dapat itiwalag ang taong
iyon mula sa kaniyang mga tao. **31** Dahil sinuway niya ang
aking salita at nilabag ang aking utos, dapat itiwalag nang
ganap ang taong iyon. Nasa kaniya ang kasalanan." **32**
Habang nasa ilang ang mga tao ng Israel, nakasumpong
sila ng isang lalaking namumulot ng kahoy sa araw ng
Pamamahinga. **33** Dinala siya ng mga taong nakakita sa
kaniya kina Moises, Aaron, at sa buong sambayanan. **34**
Ibinilanggo nila siya dahil hindi pa naipahayag kung ano ang
dapat gawin sa kaniya. **35** Pagkatapos, sinabi ni Yahweh kay
Moises, "Dapat patayin ang lalaki. Dapat siyang batuhin ng
buong sambayanan sa labas ng kampo." **36** Kaya dinala siya
ng buong sambayanan sa labas ng kampo at pinagbababato
siya hanggang mamatay gaya ng inutos ni Yahweh kay
Moises. **37** Muling nagsalita si Yahweh kay Moises. Sinabi
niya, **38** "Magsalita ka sa mga kaapu-apuhan ng Israel at
utusan silang gumawa ng mga palawit para sa kanilang
mga sarili upang isabit mula sa mga dulo ng kanilang mga
damit, upang isabit ang mga ito mula sa bawat dulo sa
pamamagitan ng isang taling asul. Dapat nilang gawin ito
sa kabuuan ng salinlahi ng kanilang mga tao. **39** Magiging
isang natatanging paalala ito sa inyo, kapag makita ninyo
ito, sa lahat ng aking mga utos, upang tuparin ang mga ito
para hindi ninyo sundin ang inyong sariling puso at sariling
mga mata, na kung saan kumilos kayo dati tulad ng mga
mangangalunya. **40** Gawin ninyo ito upang maisaisip ninyo
at masunod ang lahat kong utos, at upang maaari kayong
maging banal, inilaan para sa akin, ang inyong Diyos. **41**
Ako si Yahweh ang inyong Diyos, na siyang naglabas sa
inyo mula sa lupain ng Ehipto, upang maging Diyos ninyo.
Ako si Yahweh ang inyong Diyos."

**16** Ngayon si Korah na anak na lalaki ni Izar na anak
na lalaki ni Kohat na anak na lalaki ni Levi, kasama
ni Datan at Abiram na mga anak na lalaki ni Eliab, at si
On na anak na lalaki ni Pelet, ang mga kaapu-apuan ni
Ruben ay tinipon ng ilang kalalakihan. **2** Tumindig sila
laban kay Moises, kasama ng ibang kalalakihan mula sa
mga tao ng Israel, dalawang daan at limampung pinuno ng
sambayanan na mga tanyag na kasapi sa sambayanan.
**3** Nagkatipon sila upang harapin sina Moises at Aaron.
Sinabi nila sa kanila, "Kumukuha kayo nang labis para sa
inyong mga sarili. Ang buong sambayanan ay banal, inilaan
kay Yahweh, ang bawat isa sa kanila, at si Yahweh ay
kasama nila. Bakit ninyo inaangat ang inyong mga sarili
sa ibabaw ng natitirang sambayanan ni Yahweh?" **4** Nang
marinig iyon ni Moises, nagpatirapa siya. **5** Nagsalita siya
kay Korah at sa lahat ng kaniyang pangkat; sinabi niya,
"Sa kinaumagahan, ipapakita ni Yahweh kung sino ang
kaniya, at kung sino ang inilaan kay Yahweh. Dadalhin niya
sa kaniya ang taong pipiliin niya. Dadalhin siya ni Yahweh
sa kaniyang sarili. **6** Gawin ninyo ito, Korah at lahat ng
iyong pangkat. Kumuha kayo ng mga insensaryo **7** bukas at
lagyan ninyo ng apoy at insenso ang mga ito sa harap ni
Yahweh. Ang taong pipiliin ni Yahweh, ang taong iyon ay
ilalaan kay Yahweh. Malayo na ang inyong narating, kayong
mga kaapu-apuan ni Levi." **8** Muli, sinabi ni Moises kay
Korah, "Ngayon ay makinig kayo, kayong mga kaapu-apuan
ni Levi: **9** ito ba ay isang maliit na bagay para sa inyo na
inilaan kayo ng Diyos ng Israel mula sa sambayanan ng
Israel, upang palapitin kayo sa kaniya, upang magtrabaho
sa tabernakulo ni Yahweh, at upang tumayo sa harapan ng
sambayanan para maglingkod sa kanila? **10** Dinala niya
kayo ng malapitan, at lahat ng inyong mga kamag-anak, ang
mga kaapu-apuan ni Levi ay kasama ninyo, ngunit ninanasa
din ninyo ang pagkapari! **11** Iyon ang dahilan kung bakit
ikaw at lahat ng iyong pangkat ay nagkatipon laban kay
Yahweh. Kaya bakit kayo nagrereklamo tungkol kay Aaron,
na sumusunod kay Yahweh?" **12** Pagkatapos ipinatawag ni
Moises sina Datan at Abiram, ang mga anak na lalaki ni
Eliab, subalit sinabi nila, "Hindi kami pupunta. **13** Ito ba ay
isang maliit na bagay na dalhin mo kami sa isang lupain na
dinadaluyan ng gatas at pulot-pukyutan, upang patayin kami
sa ilang? Ngayon nais mong maging tagapangasiwa namin!
**14** Bilang karagdagan, hindi mo kami dinala sa isang lupain
na umaagos sa gatas at pulot-pukyutan, o binigyan ng mga
bukid at mga ubasan bilang isang mana. Ngayon nais mo
kaming bulagin sa pamamagitan ng mga walang lamang
pangako? Hindi kami pupunta sa iyo." **15** Galit na galit si
Moises at sinabi kay Yahweh, "Huwag mong galangin ang
kanilang mga handog. Hindi ako kumuha ng isang asno
mula sa kanila, at wala akong sinaktang sinuman sa kanila."
**16** Pagkatapos, sinabi ni Moises kay Korah, "Bukas ikaw at
lahat ng iyong kasamahan ay dapat pumunta sa harap ni
Yahweh, ikaw, sila, at si Aaron. **17** Bawat isa sa inyo ay
dapat dalhin niya ang kaniyang insensaryo at lagyan ito ng
insenso. Pagkatapos, dapat dalhin ng bawat tao sa harap
ni Yahweh ang kaniyang insensaryo, dalawang daan at
limampung insensaryo. Kayo at si Aaron rin ay dapat ninyong
dalhin ang inyong mga insensaryo." **18** Kaya kinuha ng
bawat lalaki ang kaniyang insensaryo, nilagyan ito ng apoy,
nilatagan ito ng insenso, at tumayo sa pasukan patungo
sa tolda ng pagpupulong kasama ni Moises at Aaron. **19**
Tinipon ni Korah ang buong sambayanan laban kina Moises

at Aaron sa pasukan ng tolda ng pagpupulong, at nagpakita
ang kaluwalhatian ni Yahweh sa buong sambayanan. 20 At
nagsalita si Yahweh kay Moises at kay Aaron: 21 “Ihiwalay
ninyo ang inyong mga sarili mula sa sambayanang ito
upang lipulin ko sila agad-agad.” 22 Nagpatirapa sila Moises
at Aaron at sinabi, “Diyos, ang Diyos ng mga espiritu ng
buong sangkatauhan, kung nagkakasala ang isang tao,
dapat kabang magalit sa buong sambayanan?” 23 Sumagot
si Yahweh kay Moises. Sinabi niya, 24 “Magsalita ka sa
buong sambayanan. Sabihin mo, 'Umalis kayo mula sa
mga tolda nila Korah, Datan, at Abiram.'” 25 Pagkatapos,
bumangon si Moises at pumunta kina Datan at Abiram;
sinundan siya ng mga nakakatanda ng Israel. 26 Nagsalita
siya sa sambayanan at sinabi, “Ngayon iwanan ang mga
tolda ng mga masamang lalaking ito at huwag humawak ng
anumang bagay na nabibilang sa kanila, o malilipol kayo sa
pamamagitan ng lahat ng kanilang kasalanan.” 27 Kaya ang
sambayanan sa magkabilaan ay iniwan ang mga tolda nina
Korah, Datan, at Abiram. Lumabas sila Datan at Abiram
at tumayo sa pasukan ng kanilang mga tolda, kasama ng
kanilang mga asawa, mga anak, at kanilang mga maliliit.
28 At sinabi ni Moises, “Sa pamamagitan nito malalaman
ninyong isinugo ako ni Yahweh upang gawin ang lahat
ng mga gawaing ito, sapagkat hindi ko ginawa ang mga
ito sa aking sariling pagsang-ayon. 29 Kung mamamatay
ang mga lalaking ito nang karaniwang kamatayan gaya
ng karaniwang nangyayari, kung gayon hindi ako isinugo
ni Yahweh. 30 Ngunit kung gagawa si Yahweh ng isang
butas sa lupa na lalamon sa kanila tulad ng isang malaking
bibig, kasama ng kanilang mga pamilya, at kapag bababa
sila ng buhay sa lugar ng mga patay ay dapat ninyong
unawain na kinamuhian ng mga lalaking ito si Yahweh. **(Sheol
h7585)** 31 Pagkatapos sabihin ni Moises ang lahat ng salitang
ito, bumukas ang lupang sa ilalim ng mga lalaking ito. 32
Ibinukas ng lupa ang bibig nito at nilamon sila, ang kanilang
mga pamilya, at lahat ng mga taong nabibilang kay Korah,
pati na rin ang kanilang mga ari-arian. 33 Sila at ang lahat sa
kanilang mga pamilya ay pumunta ng buhay sa lugar ng mga
patay. Nagsara ang lupa sa ibabaw nila, at sa pamamagitan
nito nalipol sila sa kalagitnaan ng sambayanan. **(Sheol h7585)**
34 Ang buong Israel na nakapalibot sa kanila ay tumakas
mula sa kanilang hiyaw. Sinigaw nila, “Baka lamunin din
tayo ng lupa!” 35 Pagkatapos kumislap ang apoy mula kay
Yahweh at nilamon ang 250 kalalakihan na naghandog ng
insenso. 36 Muling nagsalita si Yahweh kay Moises at sinabi,
37 “Magsalita ka kay Eleazar na anak na lalaki ni Aaron na
pari at sabihan siya na kunin ang mga insensaryo mula sa
mga nagbabagang tira, sapagkat ang mga insensaryo ay
idinulog sa akin. Pagkatapos, kailangan nilang ikalat ang
mga baga. 38 Kunin ang mga insensaryo sa mga namatay
dahil sa kanilang mga kasalanan. Gawing minartilyong
pingngan ang mga ito bilang isang takip sa ibabaw ng
altar. Ang mga lalaking iyon ang naghandog ng mga ito sa
harap ko, kaya naihandog sa akin ang mga ito. Magiging
isang tanda ang mga ito ng aking presensya sa mga tao
ng Israel.” 39 Kinuha ni Eleazar na pari ang mga tansong
insensaryo na ginamit ng mga lalaking nasunog, at ang mga
ito ay minartilyo na maging isang takip para sa altar, 40
upang maging isang paalala sa mga tao ng Israel, na ang
mga nagmula lamang kay Aaron ang maaaring pumuntang
magsunog ng insenso sa harap ni Yahweh, para hindi sila
magiging katulad ni Korah at ng kaniyang pangkat—gaya ng
iniutos ni Yahweh sa pamamagitan ni Moises. 41 Ngunit sa
sumunod na umaga ang lahat ng sambayanan ng mga tao
ng Israel ay nagreklamo laban kina Moises at Aaron. Sinabi
nila, “Pinatay ninyo ang mga tao ni Yahweh.” 42 At nangyari,
nang nagkatipon ang sambayanan laban kina Moises at
Aaron, na tumingin sila sa tolda ng pagpupulong at, tingnan
mo, tinatakpan ito ng ulap. Nagpakita ang kaluwalhatian ni
Yahweh, 43 at pumunta sina Moises at Aaron sa harapan ng
tolda ng pagpupulong. 44 Pagkatapos, nagsalita si Yahweh
kay Moises. Sinabi niya, 45 “Lumayo ka mula sa harapan
ng sambayanang ito upang malipol ko sila agad-agad.”
Pagkatapos nagpatirapa sina Moises at Aaron. 46 Sinabi ni
Moises kay Aaron, “Kunin ninyo ang insensaryo, lagyan ito
ng apoy mula sa altar, lagyan ito ng insenso, dalhin agad ito
sa sambayanan, at gumawa ng pambayad ng kasalanan
para sa kanila, dahil ang galit ay paparating mula kay
Yahweh. Nagsimula na ang salot.” 47 Kaya ginawa ni Aaron
ang gaya ng sinabi ni Moises. Tumakbo siya papunta sa
gitna ng sambayanan. Mabilis na nagsimulang kumalat ang
salot sa mga tao, kaya inilagay niya ang insenso at gumawa
ng pambayad ng kasalanan para sa mga tao. 48 Tumayo
si Aaron sa pagitan ng mga patay at mga nabubuhay; sa
pamamagitan nito natigil ang salot. 49 Yaong mga namatay
sa pamamagitan ng salot ay 14, 700 ang bilang, bukod sa
mga namatay dahil sa ginawa ni Korah. 50 Bumalik si Aaron
kay Moises sa pasukan patungo sa tolda ng pagpupulong,
at ang salot ay nagwakas.

**17** Nagsalita si Yahweh kay Moises. Sinabi niya, 2
“Magsalita ka sa mga tao ng Israel. Kumuha ka ng
mga tungkod mula sa kanila, isa para sa bawat tribu ng
mga ninuno. Kumuha ng labindalawang tungkod, isa mula
sa bawat pinunong napili mula sa bawat tribu. Isulat mo
ang pangalan ng bawat lalaki sa kaniyang tungkod. 3 Dapat
mong isulat ang pangalan ni Aaron sa tungkod ni Levi.
Kailangang may isang tungkod para sa bawat pinuno mula
sa lipi ng kaniyang mga ninuno. 4 Dapat mong ilagay ang

mga tungkod sa tolda ng pagpupulong sa harapan ng tipan
ng mga kautusan, kung saan ako nakikipagkita sa iyo. **5**
At mangyayaring ang tungkod ng taong aking pipiliin ay
uusbong. Patitigilin ko ang mga reklamo ng mga tao ng
Israel, mga sinasabi nila laban sa iyo." **6** Kaya nagsalita
si Moises sa mga tao ng Israel. Lahat ng mga katutubong
pinuno ay binigyan siya ng mga tungkod, isang tungkod
mula sa bawat pinuno, na pinili mula sa bawat isa sa mga
ninuno ng tribu, labindalawang tungkod lahat. Kasali na sa
mga iyon ang tungkod ni Aaron. **7** Pagkatapos inilagak ni
Moises ang mga tungkod sa harap ni Yahweh sa toldang
tipanan. **8** Sa sumunod na araw, pumunta si Moises sa
toldang tipanan at, pagmasdan, ang tungkod ni Aaron para
sa mga tribu ni Levi ay umusbong. Tumubo ang mga usbong
at naglabas ng mga bulaklak at hinog na almonte! **9** Inilabas
ni Moises ang lahat ng mga tungkod mula sa harap ni
Yahweh patungo sa lahat ng mga tao ng Israel. Hinanap ng
bawat tao ang kaniyang tungkod at kinuha ito. **10** Sinabi ni
Yawheh kay Moises, "Ilagay mo ang tungkod ni Aaron sa
harapan ng mga toldang tipanan. Panatilihin mo ito bilang
isang palatandaan ng kasalanan laban sa mga taong nag-
aklas upang mawakasan mo ang mga reklamo laban sa
akin, o sila ay mamamatay." **11** Ginawa ni Moises ang
iniutos ni Yahweh sa kaniya. **12** Nagsalita ang mga tao ng
Israel kay Moises at sinabi, "Mamamatay kami rito. Malilipol
kaming lahat! **13** Mamamatay ang bawat isang umaakyat,
na lumalapit sa tabernakulo ni Yahweh. Dapat ba kaming
mamatay lahat?"

**18** Sinabi ni Yahweh kay Aaron, "Ikaw at ang iyong mga
anak na lalaki, at ang mga angkan ng iyong mga
ninuno ang may pananagutan sa lahat ng kasalanang
kanilang nagawa laban sa santuwaryo. Ngunitt ikaw lamang
at ang iyong mga anak na lalaking kasama mo ang may
pananagutan sa lahat ng mga kasalanang nagawa ng
sinuman sa pagkapari. **2** Para sa kapwa mo miyembro ng
tribu ni Levi, tribu ng iyong ninuno, dapat mo silang isama
upang makasali sila sa iyo at tulungan ka kapag naglilingkod
ka at ng iyong mga anak na lalaki sa harap ng toldang
tipanan. **3** Dapat silang maglingkod sa iyo at sa buong
tolda. Gayunpaman, hindi sila dapat lumapit sa anumang
bagay sa banal na lugar o may kaugnayan sa altar, o sila at
ikaw rin ay mamamatay. **4** Dapat silang sumali sa inyo at
pangalagaan ang tolda ng pagpupulong, sa lahat ng gawain
na may kaugnayan sa tolda. Hindi dapat lumapit sa inyo ang
isang dayuhan. **5** Dapat ninyong kunin ang tungkulin na
ito nang sa gayon, hindi muling dumating ang aking galit
sa mga tao ng Israel. **6** Tingnan ninyo, ako mismo ang
pumili sa inyong kapwa miyembro ng mga Levita mula sa
mga kaapu-apuhan ng Israel. Sila ay isang regalo sa inyo,
ibinigay sa akin para gawin ang gawaing may kaugnayan
para sa tolda ng pagpupulong. **7** Subalit ikaw lamang at
ang iyong mga anak na lalaki ang maaaring gumanap ng
pagkapari tungkol sa bawat bagay na may kaugnayan sa
altar at sa bawat bagay na nasa loob ng kurtina. Ikaw mismo
ang dapat gumawa sa mga tungkuling iyon. Ibinibigay ko
sa iyo ang pagkapari bilang isang regalo. Bawat dayuhan
na lalapit ay dapat malagay sa kamatayan." **8** Pagkatapos,
sinabi ni Yahweh kay Aaron, "Tingnan mo, ibinigay ko sa iyo
ang tungkulin sa pag-iingat ng mga handog na itinaas sa
akin, at lahat ng mga banal na handog na ibinigay sa akin
ng mga tao ng Israel. Ibinigay ko ang mga handog na ito sa
iyo, at sa iyong mga anak na lalaki bilang iyong patuloy na
bahagi. **9** Ang mga bagay na ito mula sa mga ganap na
inialay na handog kay Yahweh, subalit ang hindi ganap na
nasunog ay magiging sa iyo. Bawat alay na dinadala ng
mga tao, kalakip ng bawat handog na butil, bawat handog
para sa kasalanan, at bawat handog na pambayad para sa
kasalanan—lahat nitong mga napakabanal na handog—na
inilaan nila para sa akin at dinala sa akin ay magiging
para sa iyo at para sa iyong mga anak na lalaki. **10** Ito ay
ganap na inilaan para sa akin, na dapat mong kainin ang
mga handog na ito. Bawat lalaking kasama mo ay dapat
kumain ng mga handog na ito. Dapat mo silang isaalang-
alang bilang inilaan para sa akin. **11** Ito ang mga handog na
mapapabilang sa iyo: kanilang mga regalo na itinabi mula
sa lahat ng itinaas na mga handog ng mga tao ng Israel,
mga handog na tinaas nang mataas sa harap ko at dinala
sa akin. Ibinibigay ko ang mga ito sa iyo, sa iyong mga
anak na lalaki, at sa iyong mga anak na babae, bilang iyong
patuloy na bahagi. Bawat isang malinis sa pamamagitan ng
ritwal sa iyong pamilya ay maaaring kumain ng kahit ano
mula sa mga handog na ito. **12** Lahat ng mainam na langis,
lahat ng mainam na bagong alak at butil, ang unang mga
prutas na ibinigay ng mga tao sa akin—lahat ng mga ito
ay ibinibigay ko sa inyo. **13** Ang lahat ng bungang unang
hinog na nasa kanilang lupain, na dinala nila sa akin ay
magiging sa inyo. Bawat isang malinis sa iyong pamilya ay
maaaring kumain ng mga bagay na ito. **14** Bawat bagay
na inilaan sa Israel ay magiging sa iyo. **15** Bawat bagay
na nagpapabukas ng sinapupunan, lahat ng panganay na
hinandog ng mga tao kay Yahweh, kapwa tao at hayop,
magiging sa iyo. Gayunpaman, dapat tiyak na bilhin muli ng
mga tao ang bawat panganay na anak na lalaki, at dapat
nilang bilhin muli ang panganay na lalaki ng maruming mga
hayop. **16** Iyong mga dapat bibilhin muli ng mga tao ay dapat
bilhin muli pagkatapos na maging isang buwang gulang.
Pagkatapos ay maaari na silang bilhin muli ng mga tao, sa
halagang limang siklo, ayon sa pamantayang timbang na

siklo ng santuwaryo, na kapantay ng dalawampung gera. 17
Subalit ang panganay ng isang baka, o ang panganay ng
isang tupa, o ang panganay ng isang kambing ay hindi mo
dapat bilhin muli ang mga hayop na ito; sila ay inilaan sa
akin. Dapat mong isaboy ang dugo nito sa altar at sunugin
ang kanilang taba bilang isang alay na pinaraan sa apoy,
upang magdulot ng mabangong halimuyak para sa akin.
18 Magiging sa iyo ang karne ng mga ito. Gaya ng itinaas
na dibdib at kanang hita, magiging sa iyo ang karne ng
mga ito. 19 Lahat ng dinalang handog ng banal na mga
bagay na inalay ng mga tao ng Israel sa akin ay ibinibigay
ko ang mga ito sa iyo, sa iyong mga anak na lalaki, sa iyong
mga anak na babae bilang patuloy na bahagi. Tumatayo
sila para sa isang tipan ng asin, isang umiiral na tipan
magpakailanman, sa harap ko kasama mo at ng iyong mga
kaapu-apuhan." 20 Sinabi ni Yahweh kay Aaron, "Hindi ka
dapat magkaroon ng mana sa lupain ng mga tao, ni dapat
magkaroon ng bahagi sa mga ari-arian ng mga tao. Ako ang
iyong magiging bahagi at mana sa piling ng mga tao ng
Israel. 21 Sa mga kaapu-apuhan ni Levi, tingnan mo, ibinigay
ko ang lahat ng mga ikapu bilang kanilang mana kapalit ng
kanilang paninilbihan na kanilang ibinibigay sa pagtatrabaho
sa tolda ng pagpupulong. 22 Simula ngayon hindi dapat
lumapit ang mga tao ng Israel sa tolda ng pagpupulong, o
sila ay magkakaroon ng pananagutan sa kasalanang ito at
mamatay. 23 Dapat gawin ng mga Levita ang mga gawain
na may kaugnayan sa tolda ng pagpupulong. Sila ang may
pananagutan para sa anumang kasalanan tungkol dito. Ito
ang magiging isang palagiang batas sa lahat ng salinlahi ng
iyong mga tao. At hindi sila dapat magkaroon ng mana sa
piling ng mga tao ng Israel. 24 Sapagkat ang mga ikapu ng
mga tao ng Israel, na kanilang inialay bilang handog para
sa akin—ito ang mga ibinibigay ko sa mga Levita bilang
kanilang mana. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ko sa
kanila, 'Hindi sila dapat magkaroon ng mana sa piling ng
mga tao ng Israel.'" 25 Nagsalita si Yahweh kay Moises at
sinabi, 26 "Dapat mong kausapin ang mga Levita at sabihin
sa kanila, 'Kapag matanggap mo mula sa mga tao ng Israel
ang ikasampu na ibinibigay ni Yahweh sa iyo bilang iyong
mana ay dapat mong ihandog ang isang inalay na handog
mula sa ikasampung iyon sa kaniya, ang ikasampu mula sa
ikapu. 27 Dapat mong isaalang-alang ang iyong inalay na
handog na para itong ikasampu ng butil mula sa giikang
palapag o produkto mula sa pigaan ng ubas. 28 Kaya dapat
ka ring mag-alay ng handog kay Yahweh mula sa ikapu na
iyong natanggap mula sa mga tao ng Israel. Dapat mong
ibigay mula sa kanila ang kaniyang inalay na handog kay
Aaron na pari. 29 Mula sa lahat ng mga inalay na iyong
natanggap, dapat kang maghandog ng bawat inalay na
handog kay Yahweh. Dapat mong gawin ito mula sa lahat ng
mainam at pinaka-banal na mga bagay na ibinigay sa iyo.'
30 Kaya dapat mong sabihin sa kanila, 'Kapag mag-alay
kayo ng mainam ng kahit ano sa inyong tinanggap ay dapat
itong isaalang-alang ng mga Levita gaya ng nailabas mula
sa giikang palapag at sa pigaan ng ubas. 31 Maaari ninyong
kainin ang natirang mga regalo sa alinmang lugar, kayo
at ang inyong mga pamilya, dahil ito ay inyong kabayaran
kapalit ng inyong pagtatrabaho sa tolda ng pagpupulong. 32
Hindi kayo magkakasala sa pagkain at pag-inom nito, kapag
inyong ialay kay Yahweh ang pinakamainam ng kahit anong
inyong tinanggap. Subalit hindi ninyo dapat lapastanganin
ang banal na mga handog ng mga tao ng Israel, o kayo ay
mamamatay."

**19** Nagsalita si Yahweh kay Moises at Aaron. Sinabi
niya, 2 "Ito ay isang batas, isang batas na aking
iniuutos sa inyo: Sabihin ninyo sa mga tao ng Israel na dapat
nilang dalhin sa iyo ang isang pulang dumalagang baka na
walang depekto o kapintasan, at hindi pa nakapagpasan
ng pamatok. 3 Ibigay ninyo ang dumalagang baka kay
Eleazar na pari. Dapat niyang dalhin ito sa labas ng kampo,
at dapat patayin ito ng isang tao sa kaniyang harapan. 4
Dapat kumuha si Eleazar na pari ng kaunti sa mga dugo nito
gamit ang kaniyang daliri at iwisik ito ng pitong beses sa
harapan ng tolda ng pagpupulong. 5 Isa pang pari ang dapat
sumunog sa dumalagang baka sa kaniyang paningin. Dapat
niyang sunugin ang mga balat nito, laman, at mga dugo nito
kasama ang mga dumi nito. 6 Dapat kumuha ang pari ng
kahoy na sedro, isopo, at ng lanang matingkad na pula, at
ihagis itong lahat sa gitna ng nasusunog na dumalagang
baka. 7 Pagkatapos, dapat niyang labhan ang kaniyang mga
damit at maligo sa tubig. At makakapasok siya sa kampo,
kung saan siya mananatiling marumi hanggang sa gabi. 8
Dapat labhan ng taong sumunog sa dumalagang baka ang
kaniyang mga damit at maligo sa tubig. Mananatili siyang
marumi hanggang sa gabi. 9 Dapat tipunin ng isang taong
malinis ang mga abo ng dumalagang baka at ilagay ang
mga ito sa labas ng kampo sa isang malinis na lugar. Dapat
itago ang mga abong ito para sa sambayanan ng Israel.
Ihahalo nila ang mga abo sa tubig para sa paglilinis mula sa
pagkakasala, sapagkat ang mga abo ay galing sa isang
handog para sa kasalanan. 10 Ang isang taong tumipon sa
mga abo ng dumalagang baka ay dapat niyang labhan ang
kaniyang mga damit. Mananatili siyang marumi hanggang
sa gabi. Ito ay magiging palagiang batas para sa mga tao
ng Israel at sa mga dayuhang naninirahan kasama nila. 11
Sinuman ang humipo sa bangkay ng kahit na sinong tao ay
magiging marumi sa loob ng pitong araw. 12 Dapat linisin
ng taong iyon ang kaniyang sarili sa ikatlong araw at sa

ikapitong araw. At siya ay magiging malinis. Ngunit kung hindi
niya nilinis ang kaniyang sarili sa ikatlong araw, hindi siya
magiging malinis sa ikapitong araw. **13** Sinumang humipo
sa isang patay na tao, ang katawan ng taong namatay,
at hindi niya nilinis ang kaniyang sarili—dinudungisan ng
taong ito ang tabernakulo ni Yahweh. Dapat itiwalag ang
taong iyon mula sa Israel dahil hindi naiwisik sa kaniya
ang tubig para sa karumihan. Mananatili siyang marumi;
mananatili sa kaniya ang kaniyang pagkamarumi. **14** Ito
ang batas kapag mamamatay ang isang tao sa loob ng
isang tolda. Bawat taong papasok sa loob ng tolda at bawat
isang nasa loob ng tolda ay magiging marumi sa loob ng
pitong araw. **15** Bawat nakabukas na lalagyan na walang
takip ay magiging marumi. **16** Katulad nang sinumang
nasa labas ng tolda na humipo sa isang taong pinatay
gamit ang isang espada, anumang bangkay, buto ng tao, o
isang puntod—magiging marumi ang taong iyon sa loob ng
pitong araw. **17** Gawin ninyo ito sa taong marumi: Kumuha
kayo ng kaunting abo mula sa sinunog na handog para sa
kasalanan at ihalo ang mga ito sa isang banga na may
sariwang tubig. **18** Dapat kumuha ang isang taong malinis
ng isopo, isawsaw ito sa tubig at iwisik ito sa tolda, sa lahat
ng lalagyang nasa loob ng tolda, sa mga taong naroon,
at sa isang taong humipo sa buto, sa pinatay na tao, sa
namatay na tao, o sa puntod. **19** Sa ikatlong araw at sa
ikapitong araw, dapat wisikan ng taong malinis ang taong
marumi. Dapat maglinis ng kaniyang sarili ang taong marumi
sa ikapitong araw. Dapat niyang labhan ang kaniyang mga
damit at maligo sa tubig. At sa gabi ay magiging malinis
siya. **20** Ngunit ang sinumang mananatiling marumi, na
tumatangging magpalinis ng kaniyang sarili—ititiwalag ang
taong iyon mula sa sambayanan—dahil dinungisan niya
ang santuwaryo ni Yahweh. Hindi pa naiwisik sa kaniya
ang tubig para sa karumihan; mananatili siyang marumi. **21**
Ito ay magiging isang patuloy na batas patungkol sa mga
kalagayang ganito. Dapat labhan ng taong nagwiwisik sa
tubig para sa karumihan ang kaniyang mga damit. Ang taong
humawak sa tubig para sa karumihan ay magiging marumi
hanggang sa gabi. **22** Anuman ang hahawakan ng taong
marumi ay magiging marumi. Ang taong hahawak nito ay
magiging marumi hanggang gabi."

**20** Kaya ang mga tao ng Israel, ang buong sambayanan
ay pumunta sa ilang ng Sin sa unang buwan; nanatili
sila sa Kades. Doon namatay at inilibing si Miriam. **2** Walang
tubig para sa sambayanan, kaya nagtipun-tipon sila laban
kina Moises at Aaron. **3** Nagreklamo ang mga tao laban kay
Moises. Sinabi nila, "Mas mabuti pa ngang namatay nalang
kami nang mamatay ang kasamahan naming mga Israelita
sa harap ni Yahweh! **4** Bakit mo dinala ang sambayanan
ni Yahweh sa ilang na ito para mamatay dito, kami at ang
aming mga hayop? **5** At bakit mo kami inilabas sa Ehipto
para dalhin kami sa nakakakilabot na lugar na ito? Walang
butil dito, mga igos, mga puno ng ubas, o mga granada.
At walang tubig na maiinom." **6** Kaya umalis sina Moises
at Aaron mula sa harap ng kapulungan. Pumunta sila sa
pasukan ng tolda ng pagpupulong at nagpatirapa. Doon
nagpakita ang makinang na kaluwalhatian ni Yahweh sa
kanila. **7** Nagsalita si Yahweh kay Moises at sinabin, **8**
"Kunin mo ang iyong tungkod at tipunin ang sambayanan,
ikaw at si Aaron na iyong kapatid. Magsalita ka sa bato sa
kanilang paningin, at utusan mo ang bato na magpadaloy
ng tubig. Makakakuha ka ng tubig para sa kanila mula sa
batong iyan, at dapat mong ibigay ito sa sambayanan at sa
kanilang mga baka para inumin." **9** Kinuha ni Moises ang
kaniyang tungkod sa harap ni Yahweh gaya ng iniutos ni
Yahweh na kaniyang gawin. **10** At tinipong magkakasama
nina Moises at Aaron ang kapulungan sa harap ng bato.
Sinabi ni Moises sa kanila, "Makinig kayo ngayon, kayong
mga mapaghimagsik. Dapat ba kaming magpadaloy ng tubig
mula sa batong ito para sa inyo?" **11** Pagkatapos, itinaas
ni Moises ang kaniyang kamay at hinampas ng dalawang
beses ang bato sa pamamagitan ng kaniyang tungkod, at
lumabas ang maraming tubig. Uminom ang sambayanan at
ang kanilang mga baka. **12** Pagkatapos sinabi ni Yahweh
kina Moises at Aaron, "Dahil hindi kayo nagtiwala sa akin o
inilaan ako na maging banal sa mga mata ng mga tao ng
Israel, hindi ninyo madadala ang kapulungang ito sa lupain
na ibinibigay ko sa kanila." **13** Tinawag ang lugar na ito na
mga tubig ng Meriba dahil nakipagtalo ang mga tao ng Israel
kay Yahweh doon, at ipinakita niya ang kaniyang sarili sa
kanila bilang banal. **14** Nagpadala ng mga mensahero si
Moises mula Kades sa hari ng Edom: Ito ang sinabi ng
iyong kapatid na si Israel: "Alam mo ang lahat ng paghihirap
na nangyari sa amin. **15** Alam mo na pumunta sa Ehipto
ang aming mga ninuno at nanirahan sa Ehipto ng isang
mahabang panahon. Tinuring kaming napakasama ng mga
taga-Ehipto gayon din ang aming mga ninuno. **16** Nang
tumawag kami kay Yahweh, dininig niya ang aming mga
tinig at nagpadala siya ng isang anghel at inilabas kami sa
Ehipto. Tingnan mo, narito kami sa Kades, isang lungsod sa
hangganan ng iyong lupain. **17** Hinihiling kong pahintulutan
mo kaming maadaan sa iyong lupain. Hindi kami dadaan
sa bukirin o ubasan, ni iinom ng tubig sa iyong mga balon.
Dadaan kami sa maluwang na daanan ng hari. Hindi kami
liliko sa kanan o sa kaliwa hanggang makalampas kami sa
iyong hangganan." **18** Subalit tumugon ang hari ng Edom sa
kaniya, "Hindi ka maaaring dumaan dito. Kapag ginawa mo
iyon, darating ako nang may espada upang salakayin ka."

19 At sinabi ng mga tao ng Israel sa kaniya, “Dadaan kami
sa maluwang na daanan. Kung uminom kami o ang aming
mga alagang hayop ng iyong tubig, babayaran namin ito.
Pabayaan mo lang kaming makadaan sa aming paa, wala
kaming ibang gagawin.” 20 Subalit sumagot ang hari ng
Edom, “Hindi kayo maaring dumaan.” Kaya dumating ang
hari ng Edom laban sa Israel nang may isang malakas na
kamay kasama ang maraming kawal. 21 Hindi pumayag
ang hari ng Edom na makatawid ang Israel sa kanilang
hangganan. Dahil dito, lumayo ang Israel sa lupain ng
Edom. 22 Kaya naglakbay ang mga tao mula Kades. Ang
mga tao ng Israel, ang buong sambayanan ay dumating sa
Bundok Hor. 23 Nagsalita si Yahweh kina Moises at Aaron
sa Bundok Hor, sa hangganan ng Edom. Sinabi niya, 24
“Dapat maitipon si Aaron sa kaniyang mga tao, sapagkat
hindi siya papasok sa lupain na ibinibigay ko sa mga tao ng
Israel. Ito ay dahil lumabag kayong dalawa sa aking salita sa
mga tubig ng Meribah. 25 Kunin mo si Aaron at si Eleazar
na kaniyang anak na lalaki at dalhin mo sila sa Bundok
Hor. 26 Alisin mo kay Aaron ang mga kasuotang pangpari
at isuot ito kay Eleazar na kaniyang anak na lalaki. Dapat
mamatay si Aaron at mmaitipon sa kaniyang mga tao doon.”
27 Ginawa ni Moises ang inutos ni Yahweh. Umakyat sila
sa Bundok Hor sa paningin ng sambayanan. 28 Tinanggal
ni Moises kay Aaron ang kaniyang kasuotang pangpari at
isinuot kay Eleazar na kaniyang anak na lalaki. Namatay si
Aaron doon sa tuktok ng bundok. Pakatapos, bumaba si
Moises at Eleazar. 29 Nang makita ng sambayanang patay
na si Aaron. Nagluksa ang buong bansa para sa kaniya ng
tatlumpung araw.

**21** Nang marinig ng Cananeong hari ng Arad, na siyang
naninirahan sa Negev na naglalakbay ang Israel sa
daan ng Atarim, nakipaglaban siya laban sa Israel at kumuha
siya ng ilang bihag mula sa kanila. 2 Nangako ang Israel kay
Yahweh at sinabi, “Kung bibigyan mo kami ng tagumpay sa
mga taong ito, lubos na wawasakin namin ang kanilang mga
lungsod.” 3 Nakinig si Yahweh sa tinig ng Israel at binigyan
sila ng tagumpay laban sa mga Cananeo. Lubusan silang
winasak at ang kanilang mga lungsod. Tinawag na Horma
ang lugar na iyon. 4 Naglakbay sila mula sa Bundok ng Hor
sa daan ng Dagat ng mga Tambo upang lumiko sa lupain ng
Edom. 5 Lubos na napanghinaan ng loob sa paglalakbay
ang mga tao. Nagsalita ang mga tao laban sa Diyos at kay
Moises: “Bakit mo kami pinalabas sa Ehipto upang mamatay
sa ilang? Walang tinapay, walang tubig, at ayaw namin ang
nakakasawang pagkaing ito.” 6 At nagpadala si Yahweh ng
mga makamandag na ahas sa mga tao. Tinuklaw ng mga
ahas ang mga tao; maraming tao ang namatay. 7 Lumapit
ang mga tao kay Moises at sinabin, “Nagkasala kami dahil
nagsalita kami laban kay Yahweh at sa iyo. Magdasal ka kay
Yahweh upang ilayo niya ang mga ahas mula sa amin.” Kaya
nagdasal si Moises para sa mga tao. 8 Sinabi ni Yahweh
kay Moises, “Gumawa ka ng isang ahas at ikabit mo ito sa
isang poste. At mangyayari na ang bawat isang natuklaw
ay makaliligtas, kung titingnan niya ito.” 9 Kaya gumawa
si Moises ng isang tansong ahas at ikinabit ito sa isang
poste. Kapag natuklaw ng isang ahas ang sinumang tao,
kung titingin siya sa tansong ahas, makaliligtas siya. 10 PAt
nagpatuloy ang mga tao ng Israel sa kanilang paglalakbay
at nagkampo sila sa Obot. 11 Naglakbay sila mula sa Obot
at nagkampo sila sa Lye Abarim sa ilang na nakaharap sa
Moab sa dakong silangan. 12 Mula roon naglakbay sila at
nagkampo sa lambak ng Zered. 13 Mula roon naglakbay
sila at nagkampo sa kabilang bahagi ng Ilog Arnon, na
nasa ilang na lpatungo sa hangganan ng mga Amoreo.
Ang Ilog Arnon ang nagsisilbing hangganan ng Moab, sa
pagitan ng Moab at ng mga Amoreo. 14 Kaya nga sinasabi
sa kasulatang binalumbon ng Mga Digmaan ni Yahweh,
“Waheb sa Sufa, at ang mga lambak ng Arnon, 15 ang
libis ng mga lambak na patungo sa bayan ng Ar at pababa
patungo sa hangganan ng Moab.” 16 Mula roon naglakbay
sila patungo sa Beer, na kung saan ay naroon ang balon na
sinabi ni Yahweh kay Moises, “Sama-sama mong tipunin
ang mga tao upang bigyan ko sila ng tubig.” 17 At inawit ng
Israel ang awiting ito: “Bumukal ka, balon. Awitin ang tungkol
dito. 18 Ang balong hinukay ng ating mga pinuno, ang
balong hinukay ng mga taong marangal sa pamamagitan
ng setro at kanilang mga baston.” Pagkatapos mula sa
ilang naglakbay sila patungong Matana. 19 Mula sa Matana
naglakbay sila patungong Nahaliel, at mula sa Nahaliel
patungong Bamot, 20 at mula sa Bamot patungo sa isang
lambak sa lupain ng Moab. Iyon ay kung saan ang tuktok
ng Bundok Pisga na natatanaw sa ilang. 21 Pagkatapos,
nagpadala ang Israel ng mga mensahero kay Sihon na
hari ng mga Amoreo na nagsasabi, 22 “Hayaan mo kaming
dumaan sa iyong lupain. Hindi kami liliko sa anumang bukirin
o ubasan. Hindi kami iinom ng tubig mula sa iyong mga
balon. Maglalakbay kami sa pamamagitan ng maluwang
na daanan ng hari hanggang makatawid kami sa kanilang
hangganan.” 23 Ngunit hindi pinayagan ni Haring Sihon ang
Israel na dumaan sa kanilang hangganan. Sa halip, sama-
samang tinipon ni Sihon ang lahat ng kaniyang hukbo at
sinalakay ang Israel sa ilang. Nakarating siya sa Jahaz, kung
saan nakipaglaban siya sa Israel. 24 Sinalakay ng Israel
ang hukbo ni Sihon sa pamamagitan ng talim ng espada at
kinuha nila ang lupain mula sa Arnon patungong ilog ng
Jabok, hanggang sa lupain ng mga tao ng Ammon. Ngayon
ay pinatibay ang hangganan ng mga tao ng Ammon. 25

Kinuha ng Israel ang lahat ng mga lungsod ng Amoreo at
tinirhan nilang lahat, kasama ang Hesbon at lahat ng mga
nayon nito. **26** Ang Hesbon ay ang lungsod ni haring Sihon
ng mga Amoreo, na siyang nakipaglaban sa dating hari ng
Moab. Kinuha ni Sihon ang lahat ng kaniyang lupain mula sa
kaniyang sinasakupan hanggang sa Ilog Arnon. **27** Kaya
sinabi ng mga nagsalita sa kawikaan, “Pumunta kayo sa
Hesbon. Hayaan ninyo ang lungsod ng Sihon na muling
maitayo at maitatag. **28** Isang apoy na umaalab mula sa
Hesbon, isang ningas ng apoy mula sa lungsod ng Sihon na
lumamon sa Ar ng Moab, at mga nagmamay-ari ng mga
burol sa tabi ng Arnon. **29** Aba sa iyo, Moab! Napuksa ka,
mga tao ng Cemos. Pinabihag niya ang kaniyang mga anak
na lalaki at pinabilanggo niya ang kaniyang mga anak na
babae kay Sihon na hari ng mga Amoreo. **30** Ngunit nasakop
namin si Sihon. Nawasak ang Hesbon hanggang sa Dibon.
Tinalo namin sila hanggang sa dulo ng Nofa, na umaabot sa
Medeba.” **31** Kaya nagsimulang manirahan ang Israel sa
lupain ng mga Amoreo. **32** At ipinadala ni Moises ang mga
lalaki upang tingnan ang Jazer. Kinuha nila ang mga nayon
nito at pinaalis ang mga Amoreong naroon. **33** Pagkatapos
tumalikod sila at umakyat sa daan ng Bashan. Lumabas si
Og na hari ng Bashan laban sa kanila, siya at ang lahat
niyang hukbo, upang labanan sila sa Edrei. **34** Pagkatapos,
sinabi ni Yahweh kay Moises, “Huwag kang matakot sa
kaniya, dahil binigyan ko kayo ng tagumpay laban sa kaniya,
lahat ng kaniyang hukbo at ng kaniyang lupain. Gawin ninyo
sa kaniya ang tulad ng ginawa ninyo kay Sihon na hari ng
mga Amoreo, na nanirahan sa Hesbon.” **35** Kaya pinatay nila
siya, ang kaniyang mga anak na lalaki, at lahat ng kaniyang
hukbo, hanggang walang natirang buhay sa kaniyang mga
tao. Pagkatapos, kinuha nila ang kaniyang lupain.

**22** Nagpatuloy sa paglalakbay ang mga tao ng Israel
hanggang sa magkampo sila sa mga kapatagan ng
Moab malapit sa Jerico, sa ibayo ng Ilog Jordan mula
sa lungsod. **2** Nakita ni Balak na lalaking anak ni Zippor
ang lahat ng ginawa ng Israel sa mga Amoreo. **3** Labis
na natakot si Moab sa mga tao dahil sila ay marami, at
matindi ang takot ni Moab sa mga tao ng Israel. **4** Sinabi ng
hari ng Moab sa nakakatanda ng Midian, “Kakainin nitong
napakaraming ang lahat ng nakapaligid sa atin gaya ng
panginginain ng isang kapong baka sa mga damo sa isang
bukirin.” Ngayon si Balak na lalaking anak ni Zippor ang
hari ng Moab sa panahong iyon. **5** Nagpadala siya ng mga
mensahero kay Balaam na lalaking anak ni Beor, sa Petor
na nasa tabi ng Ilog Eufrates, sa lupain ng kaniyang bansa
at kaniyang mga tao. Tinawag niya siya at sinabi, “Tingnan
mo, isang bansa ang dumating dito mula sa Ehipto. Kanilang
sinakop ang buong lupain at sila ay narito na malapit sa
akin. **6** Kaya pakiusap pumunta ka na ngayon at isumpa ang
bayang ito para sa akin, dahil sila ay napakalakas para sa
akin. Marahil kung gayon, maaari ko na silang salakayin
at palayasin palabas sa lupain. Alam ko na ang sinumang
pinagpapala mo ay pagpapalain, at ang sinumang isusumpa
mo ay susumpain.” **7** Kaya umalis ang mga nakakatanda
ng Moab at ng Midian, dala nila ang pambayad para sa
panghuhula. Nagpunta sila kay Balaam at sinabi sa kaniya
ang mga salita ni Balak. **8** Sinabi ni Balaam sa kanila,
“Mamalagi kayo rito ngayong gabi. Sasabihin ko sa inyo
kung ano ang sasabihin sa akin ni Yahweh.” Kaya nanatili
ang mga pinuno ng Moab kay Balaam sa gabing iyon. **9**
Nagpunta ang Diyos kay Balaam, at sinabi, “Sino ang mga
lalaking ito na nagpunta sa iyo?” **10** Sumagot si Balaam,
“Ipinadala sila sa akin ni Balak na lalaking anak ni Zippor,
hari ng Moab. Sinabi niya, **11** 'Tingnan mo, ang mga taong
nanggaling mula sa Ehipto ay sinakop ang aking lupain.
Ngayon, pumarito ka at sumpain sila para sa akin. Marahil,
maaari ko na silang kalabanin at palayasin.'” **12** Tumugon
ang Diyos kay Balaam, “Hindi ka dapat sumama sa mga
lalaking iyon. Hindi mo dapat isumpa ang mga tao ng Israel
dahil pinagpala sila.” **13** Kinaumagahan tumayo si Balaam at
sinabi sa mga pinuno ni Balak, “Bumalik na kayo sa inyong
lupain dahil hindi ako pinayagan ni Yahweh na sumama sa
inyo.” **14** Kaya umalis ang mga pinuno ng Moab at bumalik
kay Balak. Sinabi nila, “Tumanggi si Balaam na sumama
sa amin.” **15** Muling nagpadala si Balak ng mas maraming
pinuno na mas iginagalang kaysa sa mga naunang grupo.
**16** Nagpunta sila kay Balaam at sinabi sa kaniya, “Ito ang
sinasabi ni Balak na anak ni Zippor, 'Pakiusap, wala nawang
anumang bagay na hahadlang sa iyo sa pagparito sa akin,
**17** dahil babayaran pa kita nang labis at bibigyan kita ng
dakilang karangalan, at gagawin ko anuman ang sasabihin
mong gawin ko. Kaya pakiusap pumunta ka at isumpa mo
ang mga taong ito para sa akin.'” **18** Sumagot si Balaam at
sinabi sa mga tauhan ni Balak, “Kahit na ibibigay sa akin ni
Balak ang kaniyang palasyong puno ng pilak at ginto, hindi
ako pwedeng sumuway sa mga salita ni Yahweh, ang aking
Diyos, at gawin nang walang labis o walang kulang kung ano
ang sinabi niya sa akin. **19** Kung gayon, pakiusap manatili
rin kayo rito ngayong gabi, upang pag-isipan kong mabuti
ang anumang sinasabi ni Yahweh sa akin.” **20** Pinuntahan
ng Diyos si Balaam sa gabi at sinabi sa kaniya, “Yamang
nagpunta ang mga lalaking ito para ipatawag ka, tumayo ka
at sumama sa kanila. Ngunit gagawin mo lamang kung ano
ang aking sinabing gagawin mo.” **21** Kinaumagahan tumayo
si Balaam, nilagyan niya ng upuan ang kaniyang asno at
sumama sa mga pinuno ng Moab. **22** Ngunit dahil sumama
siya, ang galit ni Yahweh ay sumiklab. Inilagay ng anghel ni

Yahweh ang kaniyang sarili sa daanan bilang isang taong
hadlang kay Balaam, na nakasakay sa kaniyang asno. Ang
dalawang alipin ni Balaam ay kasama din niya. **23** Nakita
ng asno ang anghel ni Yahweh na nakatayo sa daraanan
na hawak niya ang kaniyang nakalabas na tabak. Lumihis
ang asno sa kalsada at pumunta sa loob ng isang bukirin.
Hinampas ni Balaam ang asno upang ipaharap sa kalsada.
**24** At tumayo ang anghel ni Yahweh sa isang makipot na
bahagi ng kalsada sa pagitan ng ilang ubasan, na mayroong
isang pader sa kaniyang kanang bahagi at isa pang pader
sa kaniyang kaliwang bahagi. **25** Nakita muli ng asno ang
anghel ni Yahweh. Sumiksik siya sa pader at naipit ang paa
ni Balaam laban dito. Muli siyang hinampas ni Balaam. **26**
Pumunta sa mas malayo ang anghel ni Yahweh at tumayo
sa isa pang makipot na lugar kung saan ay walang paraan
para makaiwas sa kahit sa anumang bahagi. **27** Nakita ng
asno ang anghel ni Yahweh, at humiga siya sa ilalim ni
Balaam. Sumiklab ang galit ni Balaam at kaniyang hinampas
ng baston ang kaniyang asno. **28** Pagkatapos, binuksan ni
Yahweh ang bibig ng asno para magsalita siya. Sinabi niya
kay Balaam, “Ano ang aking ginawa sa iyo na nag-udyok sa
iyo na hampasin ako nitong makaikatlo beses?” **29** Sumagot
si Balaam, “Dahil ikaw ay kumilos nang may kahangalan sa
akin. Sana ay mayroong isang espada sa aking kamay. Kung
mayroon, sa ngayon pinatay na kita.” **30** Sinabi ng asno kay
Balaam, “Hindi ba ako ang iyong asno na sinasakyan mo sa
buong buhay mo hanggang sa mga araw na ito? Ugali ko
bang gawin ang mga ganitong bagay sa iyo dati?” Sinabi ni
Balaam, “Hindi.” **31** Pagkatapos, binuksan ni Yahweh ang
mga mata ni Balaam, at nakita niya ang anghel ni Yahweh na
nakatayo sa daraanan na nakalabas ang kaniyang espadang
nasa kaniyang kamay. Iniyuko ni Balaam ang kaniyang ulo
at nagpatirapa. **32** Sinabi ng anghel ni Yahweh sa kaniya,
“Bakit mo hinampas nitong tatlong beses ang iyong asno?
Tingnan mo, naparito ako bilang isang taong galit sa iyo dahil
masama ang mga ikinikilos mo sa harapan ko. **33** Nakita
ako ng iyong asno at iniwasan niya ako ng tatlong beses.
Kung hindi siya umiwas sa akin, siguradong napatay kita at
nailigtas ko ang buhay niya.” **34** Sinabi ni Balaam sa anghel
ni Yahweh, “Nagkasala ako. Hindi ko alam na nakatayo ka
sa kalsada laban sa akin. Ngayon kung ganoon, kung hindi
katanggap-tanggap sa iyo ang paglalakbay na ito, babalik
ako sa aking pinanggalingan.” **35** Ngunit sinabi ng anghel ni
Yahweh kay Balaam, “Magpatuloy ka kasama ng mga lalaki.
Ngunit dapat sabihin mo lamang ang mga salita na sinabi ko
sa iyo.” Kaya sumama si Balaam sa mga pinuno ni Balak. **36**
Nang marinig ni Balak na dumating na si Balaam, lumabas
siya upang salubungin siya sa isang lungsod ng Moab sa
Arnon, na nasa hangganan. **37** Sinabi ni Balak kay Balaam,
“Hindi ba ako nagpadala ng mga tauhan upang ipatawag ka?
Bakit hindi ka pumunta sa akin? Wala ba akong kakayahan
na bigyan ka ng karangalan?” **38** At sumagot si Balaam,
“Tingnan mo, naparito na ako para sa iyo. Mayroon na ba
akong karapatang magsabi ng anumang bagay? Sasabihin
ko lamang ang mga salita ni Yahweh na ilagay niya sa aking
bibig.” **39** Sumama si Balaam kay Balak, at nakarating sila
sa Kiriat Husot. **40** At inialay ni Balak ang mga kapong baka
at tupa at binigyan niya ng kaunting karne si Balaam at ang
mga pinunong kasama niya. **41** Kinaumagahan, dinala ni
Balak si Balaam sa itaas sa mga dambana ni Baal. Mula
roon makikita lamang ni Balaam ang maliit na bahagi ng
mga Israelita sa kanilang kampo.

**23** Sinabi ni Balaam kay Balak, “Gumawa ka ng pitong
altar dito para sa akin at maglaan ka ng pitong toro
at pitong lalaking tupa. **2** Kaya ginawa ni Balak ayon sa
hiniling ni Balaam. Pagkatapos, naghandog si Balak at
Balaam ng isang toro at isang lalaking tupa sa bawat altar. **3**
Pagkatapos, sinabi ni Balaam kay Balak, “Tumayo ka malapit
sa handog na susunugin at pupunta ako. Marahil darating si
Yahweh upang makipagkita sa akin. Anuman ang ipapakita
niya sa akin sasabihin ko sa iyo.”Kaya umalis siya patungo
sa isang burol na walang mga puno. **4** Nakipagkita ang
Diyos sa kaniya, at sinabi ni Balaam sa kaniya, “Gumawa
ako ng pitong altar, at nag-alay ako ng isang toro at isang
lalaking tupa sa bawat isa”. **5** Naglagay ng isang mensahe
si Yahweh sa bibig ni Balaam at sinabi, “Bumalik ka kay
Balak at magsalita ka sa kaniya.” **6** Kaya bumalik si Balaam
kay Balak, na nakatayo sa tabi ng kaniyang handog na
susunugin, at lahat ng mga pinuno ng Moab na kasama niya.
**7** At nagsimulang sabihin ni Balaam ang kaniyang propesiya
at sinabi, “Dinala ako ni Balak mula sa Aram. Ang hari ng
Moab mula sa mga bundok sa silangan. 'Halika, isumpa mo
si Jacob para sa akin,' sinabi niya. 'Halika, labanan mo ang
Israel.' **8** Paano ko isusumpa ang mga taong hindi isinumpa
ng Diyos? Paano ko lalabanan ang mga hindi nilabanan ni
Yahweh? **9** Sapagkat nakikita ko siya mula sa tuktok ng mga
bato; mula sa mga burol tinitingnan ko siya. Tingnan mo,
may mga taong naninirahang mag-isa at hindi itinuturing ang
kanilang sarili bilang isang karaniwang bansa. **10** Sino ang
makakapagbilang sa alikabok ni Jacob o makakapagbilang
kahit na ang ikaapat lamang ng Israel? Hayaan akong
akong mamatay sa kamatayan ng isang matuwid na tao, at
hayaang maging katulad niya ang wakas ng aking buhay!”
**11** Sinabi ni Balak kay Balaam, “Anong ginawa mo sa akin?
Dinala kita upang isumpa ang aking mga kalaban, ngunit
tingnan mo, pinagpala mo sila.” **12** Sumagot si Balaam at
sinabi, “Hindi ba dapat akong maging maingat na sabihin
lamang kung ano ang inilagay ni Yahweh sa aking bibig?” **13**

Kaya sinabi ni Balak sa kaniya, “Pakiusap sumama ka sa
akin sa isang lugar kung saan makikita mo sila. Makikita
mo lamang ang pinakamalapit sa kanila, hindi silang lahat.
Doon isusumpa mo sila para sa akin.” 14 Kaya dinala niya
si Balaam sa bukid ng Zopim, sa tuktok ng Bundok Pisga,
at gumawa ng pito pang altar. Naghandog siya ng isang
toro at isang lalaking tupa sa bawat altar. 15 Pagkatapos,
sinabi ni Balaam kay Balak, “Tumayo ka rito sa tabi ng
iyong handog na susunugin, habang nakikipagkita ako kay
Yahweh doon.” 16 Kaya nakipagkita si Yahweh kay Balaam
at inilagay ang isang mensahe sa kaniyang bibig. Sinabi
niya, “Bumalik ka kay Balak at ibigay mo sa kaniya ang aking
mensahe.” 17 Bumalik si Balaam sa kaniya, at masdam,
nakatayo siya sa tabi ng kaniyang handog na susunugin, at
kasama niya ang mga pinuno ng Moab. At sinabi ni Balak
sa kaniya, “Ano ang sinabi ni Yahweh?” 18 Sinimulan ni
Balaam ang kaniyang propesiya. Sinabi niya, “Tumayo ka,
Balak, at dinggin mo. Makinig ka sa akin, ikaw na anak ni
Zippor. 19 Hindi isang tao ang Diyos, na kailangan niyang
magsinungaling, o isang tao, na kailangang magbago ang
kaniyang isip. Nangako ba siya ng anumang bagay na hindi
ito ginagawa? Nagsabi ba siyang gagawin niya ang isang
bagay na hindi niya ito tinutupad? 20 Tingnan mo, inutusan
ako upang magpala. Binigyan ako ng Diyos ng isang biyaya,
at hindi ko kayang baliktarin ito. 21 Wala siyang nakikitang
paghihirap kay Jacob o kaguluhan sa Israel. Kasama nila si
Yahweh na kanilang Diyos, at sumisigaw sapagkat kasama
nila ang kanilang hari. 22 Inilabas sila ng Diyos mula sa
Ihipto nang may lakas katulad ng isang mabangis na kapong
baka. 23 Walang kulam ang tatalab laban kay Jacob, at
walang panghuhula ang makakapinsala sa Israel. Sa halip,
dapat itong sabihin tungkol kay Jacob at kay Israel, 'Tingnan
mo kung ano ang ginawa ng Diyos!' 24 Tingnan mo, tumayo
ang mga tao katulad ng isang babaeng leon, gaya ng isang
leong lumabas at sumalakay. Hindi siya humihiga hanggang
sa makain niya ang kaniyang biktima at inumin ang dugo
ng kaniyang napatay.” 25 Pagkatapos sinabi ni Balak kay
Balaam, “Huwag mo silang isumpa o pagpalain.” 26 Ngunit
sumagot si Balaam at sinabi kay Balak, “Hindi ko ba sinabi
sa iyo na dapat kong sabihin ang lahat ng sinabi ni Yahweh
na sasabihin ko?” 27 Kaya sumagot si Balak kay Balaam,
“Pumarito ka ngayon, dadalhin kita sa ibang lugar. Marahil
makakalugod ito sa Diyos para isumpa mo sila roon para
sa akin.” 28 Kaya dinala ni Balak si Balaam sa tuktok ng
Bundok Peor, na natatanawan ang ilang sa ibaba. 29 Sinabi
ni Balaam kay Balak, “Magtayo ka para sa akin ng pitong
altar dito at maghanda ng pitong toro at pitong lalaking tupa.”
30 Kaya ginawa ni Balak ayon sa sinabi ni Balaam; nag-alay
siya ng isang toro at isang lalaking tupa sa bawat altar.

**24** Nang makita ni Balaam na kinalugdanito ni Yahweh na
pagpalain ang Israel, hindi na siya umalis, gaya nang
una, upang gumamit ng pangkukulam. Sa halip, tumingin
siya sa ilang. 2 Itinaas niya ang kaniyang mga mata at nakita
niya na nagkampo ang Israel, bawat isa sa kanilang tribu, at
pumasok sa kaniya ang Espiritu ng Diyos. 3 Natanggap niya
itong propesiya at sinabi, “Magsasalita na si Balaam na anak
ni Beor, ang taong malawak na nakamulat ang kaniyang mga
mata. 4 Nagsalita siya at narinig ang mga salita ng Diyos.
Nakita niya ang isang pangitain mula sa Makapangyarihan,
Sa harapan niya, siya ay nagpatirapa pababa kalakip ang
kaniyang mga matang nakamulat. 5 Anong ganda ng iyong
mga tolda, o Jacob, ang lugar na kung saan ka nakatira,
Israel! 6 Katulad ng mga lambak sila'y inilatag, katulad ng
mga hardin sa tabing ilog, katulad ng mga mabangong
punong itinanim ni Yahweh, katulad ng mga sedar sa gilid
ng mga tubig. 7 Ang mga tubig na dumadaloy sa kanilang
mga lalagyan, at ang kanilang mga binhi ay saganang-
natubigan. Ang kanilang hari ay mas mataas kaysa kay
Agag, at pararangalan ang kanilang kaharian. 8 Ilalabas
siya ng Diyos sa Ehipto. Mayroon siyang lakas katulad ng
isang mabangis na baka. Uubusin niya ang mga bansa na
lalaban sa kaniya. Babaliin niya ang kanilang mga buto sa
pira-piraso. Tutudlain niya sila ng kaniyang mga palaso. 9
Yuyuko siya katulad ng isang leon, katulad ng isang babaeng
leon. Sino ang mangangahas na gambalain siya? Nawa,
ang lahat na magpapala sa kaniya ay pagpalain; nawa, ang
lahat na sumumpa sa kaniya ay sumpain.” 10 Ang galit ni
Balak laban kay Balaam ay sumiklab at hinampas niya ang
kaniyang mga kamay sa galit. Sinabi ni Balak kay Balaam,
“Ipinatawag kita upang isumpa ang aking mga kaaway,
ngunit tingnan mo, pinagpala mo sila ng tatlong beses. 11
Kaya iwan mo ako ngayon at umuwi ka na. Sinabi ko na
labis kitang gagantimpalaan, ngunit pinigilan ka ni Yahweh
na makakuha ng anumang gantimpala.” 12 At sumagot si
Balaam, “Sinabi ko sa mga mensaherong ipinadala mo sa
akin, 13 'Kahit na ibibigay ni Balak sa akin ang kaniyang
palasyo na puno ng pilak at ginto, hindi ako susuway sa mga
salita ni Yahweh at anumang bagay na masama o mabuti, o
lahat ng bagay na gusto ko sanang gawin. Sasabihin ko
lamang kung ano ang gusto ni Yahweh na sabihin ko.' Hindi
ko ba nasabi ito sa kanila? 14 Kaya ngayon, tingnan mo,
babalik ako sa aking mga tao. Ngunit binabalaan muna
kita kung ano ang gagawin ng mga taong ito sa iyong mga
tao sa darating na mga araw.” 15 Sinimulan ni Balaam
itong propesiya. Sinabi niya, “Magsasalita si Balaam na
anak ni Beor, Ang taong mulat ang kaniyang mga mata. 16
Ito ay isang propesiya ng isang taong nakaririnig ng mga
salita mula sa Diyos, na may kaalaman mula sa Kataas-

taasan, na may mga pangitain mula sa Makapangyarihan
sa lahat, Sa harapan niya na siyang nagpatirapang mulat
ang kaniyang mga mata. 17 Nakita ko siya, ngunit siya
ay wala ngayon dito. Tiningnan ko siya, ngunit hindi siya
malapit. Isang tala ang lalabas mula kay Jacob, at lilitaw
ang isang setro mula sa Israel. Dudurugin niya ang mga
pinuno ng Moab at lilipulin lahat ng mga kaapu-apuhan ni
Set. 18 At ang Edom ay magiging pag-aari ng Israel, at
ang Seir ay magiging pag-aari rin nila, ang mga kaaway ng
Israel, na masasakop ng Israel sa pamamagitan ng dahas.
19 Mula kay Jacob darating ang isang hari na mayroong
kapangyarihan, at kaniyang lilipulin ang mga nakaligtas sa
kanilang lungsod." 20 At tiningnan ni Balaam si Amalek at
sinimulan ang kaniyang propesiya. Sinabi niya, "Si Amalek
ay minsang naging pinakadakila sa mga bansa, ngunit
pagkawasak ang kaniyang magiging huling hantungan." 21
At tumingin si Balaam sa mga Cineo at sinimulan niya ang
kaniyang propesiya. Sinabi niya, "Ang lugar kung saan kayo
nakatira ay matibay, at ang inyong mga pugad ay nasa loob
ng mga bato. 22 Gayon pa man, si Kain ay mawawasak
kapag binihag kayo ng Asiria." 23 Pagkatapos, sinimulan
ni Balaam ang kaniyang pangwakas na propesiya. Sinabi
niya, "Aba! Sino ang makakaligtas kapag ginawa ito ng
Diyos? 24 Darating ang mga barko mula sa baybayin ng
Kitim; Sasalakayin nila ang Asiria at sasakupin ang Eber,
ngunit sila rin ay hahantong sa pagkawasak sa katapusan."
25 Pagkatapos tumayo si Balaam at umalis. Bumalik siya sa
kanyang tahanan at umalis din si Balak.

**25** Nanatili ang Israel sa Sitim, at nagsimulang makipagtalik
ang mga lalaki sa mga babae ng Moab, 2 sapagkat
inaanyayahan ng mga Moabita ang mga tao sa mga pag-
aalay sa kanilang mga diyos. Kaya kumain at yumukod
ang mga tao sa mga diyos ng Moabita. 3 Sumali ang mga
kalalakihan ng Israel sa pagsamba kay Baal ng Peor, at
sumiklab ang galit ni Yahweh laban sa Israel. 4 Sinabi ni
Yahweh kay Moises, "Patayin mo ang lahat ng pinuno ng
mga tao at bitayin sila sa aking harapan upang ilantad sila
sa liwanag ng araw, upang maalis ang aking matinding galit
mula sa Israel." 5 Kaya sinabi ni Moises sa mga pinuno ng
Israel, "Dapat patayin ang bawat isa sa inyo ang kaniyang
mga taong sumama sa pagsamba kay Baal ng Peor." 6
Pagkatapos, dumating ang isa sa mga lalaki ng Israel at
dinala sa mga miyembro ng kaniyang pamilya ang isang
babaeng Midianita. Nangyari ito sa paningin ni Moises at
sa lahat ng sambayanan ng Israel, habang umiiyak sila sa
pasukan ng tolda ng pagpupulong. 7 Nang makita iyon
ni Finehas na lalaking anak ni Eleazar na lalaking anak
naman ni Aaron, na pari, tumayo siya mula sa sambayanan
at humawak ng isang sibat. 8 Sinundan niya ang lalaking
Israelita sa tolda at isinaksak ang sibat sa kapwa nilang
katawan, sa lalaking Israelita at sa babae. Kaya natigil
ang salot na ipinadala ng Diyos sa mga tao ng Israel.
9 Dalawampu't apat na libo ang bilang ng mga namatay
sa pamamagitan ng salot. 10 Nagsalita si Yahweh kay
Moises at sinabi, 11 "Inalis ni Finehas na lalaking anak ni
Eleazar na lalaking anak naman ni Aaron, na pari, ang aking
galit sa mga tao ng Israel dahil mapusok siya sa aking
adhikain sa kanila. Kaya hindi ko nilipol ang mga tao ng
Israel sa aking matinding galit. 12 Kaya sabihin mo, 'sabi ni
Yahweh, "Tingnan mo, ibinibigay ko kay Finehas ang aking
kasunduan ng kapayapaan. 13 Para sa kaniya at sa kaniyang
mga kaapu-apuhang kasunod niya, ito ang magiging isang
kasunduan ng isang walang hanggang pagkapari dahil
masigasig siya para sa akin, na kaniyang Diyos. Nagbayad
siya ng kasalanan para sa mga tao ng Israel."" 14 Ngayon
ang pangalan ng lalaking Israelitang napatay kasama ng
babaeng Midianita ay si Zimri na anak ni Salu, isang pinuno
ng isang pamilya mula sa ninuno ng mga Simeonita. 15 Si
Cozbi ang pangalan ng babaeng Midianitang pinatay na
babaeng anak ni Zur, pangulo ng isang tribu at pamilya sa
Midian. 16 Kaya nagsalita si Yahweh kay Moises at sinabi,
17 "Ituring mong kaaway ang mga Midianita at lusubin sila,
18 sapagkat itinuring nila kayong katulad ng mga kaaway sa
pamamagitan ng kanilang panlilinlang. Pinangunahan nila
kayo sa kasamaan tungkol kay Peor at tungkol sa kanilang
kapatid na babaeng si Cozbi, ang babaeng anak ng isang
pinuno sa Midian, na pinatay sa araw ng salot dahil kay
Peor."

**26** At nangyari na pagkatapos ng salot, nagsalita si
Yahweh kay Moises at kay Eleazar na anak ni Aaron na
pari. Sinabi niya, 2 "Bilangin ninyo ang buong sambayanan
ng Israel, mula labindalawang taong gulang pataas, ayon sa
pamilya ng kanilang mga ninuno, lahat ng may kakayahang
makipagdigma para sa Israel." 3 Kaya nagsalita sina Moises
at Eleazar na pari sa kanila sa mga kapatagan ng Moab
sa tabi ng Jordan at Jerico at sinabi, 4 "Bilangin ninyo ang
mga tao, mula labindalawang taong gulang pataas, ayon
sa iniutos ni Yahweh kay Moises at sa mga tao ng Israel,
na lumabas mula sa lupain ng Ehipto." 5 Si Ruben ay ang
panganay ni Israel. Mula sa kaniyang anak na si Hanoc
nagmula ang angkan ng mga Hanocitas. Mula kay Palu
nagmula ang mga angkan ng mga Paluita. 6 Mula kay
Hesron nagmula ang angkan ng mga Hesronita. Mula kay
Carmi nagmula ang angkan ng mga Carmita. 7 Ito ang mga
angkan ng mga kaapu-apuhan ni Ruben, na may bilang
43, 730 na kalalakihan. 8 Si Eliab ay isang anak ni Palu. 9
Ang mga anak na lalaki ni Eliab ay sina Nemuel, Datan at
Abiram. Ito ay ang parehong Datan at Abiram na sumunod

kay Kora nang subukin nila si Moises at umaklas laban kay Yahweh. **10** Ibinuka ng lupa ang bibig nito at nilamon sila kasama si Kora nang mamatay ang lahat na kaniyang tagasunod. Sa panahong iyon, nilamon ng apoy ang 250 na kalalakihan, na naging isang babalang tanda. **11** Ngunit hindi namatay ang kaapu-apuhan ni Kora. **12** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Simeon: Kay Nemuel, ang angkan ng mga Nemuelita, kay Jamin, ang angkan ng mga Jaminita, kay Jaquin, ang angkan ng mga Jaquinita, **13** kay Zerah, ang angkan ng mga Zeraita, kay Saul, ang angkan ng mga Saulita. **14** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Simeon, na may bilang 22, 200 na kalalakihan. **15** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Gad: kay Zefon, ang angkan ng mga Zefonita, kay Hagai, ang angkan ng mga Hagaita, kay Suni na angkan ng mga Sunita, **16** kay Ozni na angkan ng mga Oznita, kay Eri, ang angkan ng mga Erita, **17** kay Arod, ang angkan ng mga Arodita, kay Areli, ang angkan ng mga Arelita. **18** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Gad, na may bilang 40, 500 na kalalakihan. **19** Sina Er at Onan ang mga anak na lalaki ni Juda, ngunit namatay ang mga lalaking ito sa lupain ng Canaan. **20** Ito ang mga angkan ng ibang mga kaapu-apuhan ni Juda: kay Sela, ang angkan ng mga Selanita, kay Perez, ang angkan ng mga Perezita, at kay Zera, ang angkan ng mga Zeraita. **21** Ito ang mga kaapu-apuhan ni Perez: kay Hezron, ang angkan ng mga Hesronita, kay Hamul, ang angkan ng mga Hamulita. **22** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Juda, na may bilang 76, 500 na kalalakihan. **23** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Isacar: kay Tola, ang angkan ni Tolaita, kay Pua, ang angkan ni Puanita, **24** kay Jasub, ang angkan ng mga Jasubita, kay Simron, ang angkan ng mga Simronita. **25** Ito ang mga angkan ni Isacar, na may bilang 64, 300 na kalalakihan. **26** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Zebulon: kay Sered, ang angkan ng mga Seredita, kay Elon, ang angkan ng mga Elonita, kay Jaleel, ang angkan ng mga Jalelita. **27** Ito ang mga angkan ng mga Zaebulonita, na may bilang 60, 500 na kalalakihan. **28** Ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Jose ay sina Manases at Efraim. **29** Ito ang mga kaapu-apuhan ni Manases: kay Maquir, ang angkan ng mga Maquirita (si Maquir ang ama ni Galaad), kay Galaad, ang angkan ng mga Galaadita. **30** Ito ang mga kaapu-apuhan ni Galaad: kay Iezer, ang angkan ng mga Iezerita, kay Helec, ang angkan ng mga Helecita, **31** kay Asriel, ang angkan ng mga Asrielita, kay Shekem, ang angkan ng mga Shekemita, **32** kay Semida, ang angkan ng mga Semidaita, kay Hefer, ang angkan ng mga Heferita. **33** Si Zelofehad na anak na lalaki ni Hefer ay walang anak na lalaki, kundi mga anak na babae lamang. Ang pangalan ng kaniyang mga anak na babae ay sina Mahla, Noe, Hogla, Milca at Tirza. **34** Ito ang mga angkan ni Manases, na may bilang na 52, 700 na kalalakihan. **35** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Efraim: kay Sutela, ang angkan ng mga Sutelita, kay Bequer, ang angkan ng mga Bequerita, kay Tahan, ang angkan ng mga Tahanita. **36** Ang mga kaapu-apuhan ni Sutela ay sina, kay Eran, ang angkan ng mga Eranita. **37** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Efraim, na may bilang 32, 500 na kalalakihan. Ito ang mga kaapu-apuhan ni Jose, na naibilang sa kanilang bawat angkan. **38** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Benjamin: kay Bela, ang angkan ng mga Belaita, kay Asbel, ang angkan ng mga Asbelita, kay Ahiram, ang angkan ng mga Ahiramita, **39** kay Sufam, ang angkan ng mga Sufamita, kay Hufam, ang angkan ng mga Hufamita. **40** Ang mga anak na lalaki ni Bela ay sina Ard at Naaman. Mula kay Ard nagmula ang angkan ng mga Ardita, at mula kay Naaman nagmula ang angkan ng mga Naamita. **41** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Benjamin. Sila ay may bilang na 45, 600 na kalalakihan. **42** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Dan, kay Suham, ang mga angkan ng mga Suhamita. Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Dan. **43** Lahat ng mga angkan ng Suhamita, na may bilang na 64, 400 na kalalakihan. **44** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Aser: kay Imna, ang angkan ng mga Imnita, kay Isvi, ang angkan ng mga Isvita, kay Beria, ang angkan ng mga Berita. **45** Ang mga kaapu-apuhan ni Beria ay ang mga ito: kay Heber, ang angkan ng mga Heberita, kay Malquiel, ang angkan ng mga Malquielita. **46** Ang pangalan ng anak na babae ni Aser ay si Sera. **47** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Aser, na may bilang 53, 400 na kalalakihan. **48** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Neftali: kay Jahzeel, ang angkan ng mga Jahzeelita, kay Guni, ang angkan ng mga Gunita, **49** kay Jezer, ang angkan ng mga Jezerita, kay Silem, ang angkan ng mga Silemita. **50** Ito ang mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Neftali, na may bilang 45, 400 na kalalakihan. **51** Ito ang kabuuang bilang ng mga kalalakihan ng mga tao ng Israel: 601, 730. **52** Nagsalita si Yahweh kay Moises at sinabi, **53** "Dapat ninyong hatiin ang lupain sa mga kalalakihang ito bilang mana ayon sa bilang ng kanilang mga pangalan. **54** Sa mas malaking mga angkan day apat mong bigyan ng mas malaking mana, at sa mas maliit na mga angkan dapat mong bigyan ng mas maliit na mana. Dapat mong bigyan ng isang mana ang bawat pamilya ayon sa bilang ng mga kalalakihan na nabilang. **55** Gayunpaman, dapat hatiin ang lupain sa pamamagitan ng palabunutan. Dapat nilang manahin ang lupain habang hinahati ito sa mga tribu ng kanilang mga ninuno. **56** Dapat hatiin ang kanilang mana sa mas malaki at mas maliit na angkan, na

ipamamahagi sa kanila sa pamamagitan ng palabunutan.”
57 Ito ang mga angkan ng Levita na nabilang angkan sa
angkan: kay Gerson, ang angkan ng mga Gersonita, kay
Kohat, ang angkan ng mga Kohatita, kay Merari, ang angkan
ng mga Merarita. 58 Ito ang mga angkan ni Levi: ang angkan
ng mga Libnita, ang angkan ng mga Hebronita, ang angkan
ng mga Mahlita, ang angkan ng mga Musita, at ang angkan
ng mga Koraita. Si Kohat ang ninuno ng Amram. 59 Ang
pangalan ng asawa ni Amram ay si Jocebed, isang kaapu-
apuhan ni Levi, na ipinanganak sa mga Levita sa Ehipto.
Isinilang niya kay Amram ang kanilang mga anak na sina
Aaron, Moises at Miriam na kanilang kapatid na babae. 60
Kay Aaron ipinanganak si Nadab at Abihu, Eleazar at Itamar.
61 Namatay sina Nadab at Abihu nang maghandog sila sa
harap ni Yahweh ng hindi katanggap-tanggap na apoy. 62
Ang mga lalaking nabilang sa nila ay may bilang na 23, 000,
lahat ng mga lalaking isang buwang gulang pataas. Ngunit
hindi sila kabilang sa mga kaapu-apuhan ng Israel sapagkat
walang pamana na ibinigay sa kanila ng mga tao ng Israel.
63 Ito ang mga taong nabilang nina Moises at Eleazar na
Pari. Binilang nila ang mga tao ng Israel sa mga kapatagan
ng Moab sa tabi ng Jordan sa Jerico. 64 Ngunit sa mga ito
walang taong nabilang sina Moises at Aaron na pari nang
bilangin nila ang mga kaapu-apuhan ng Israel sa ilang ng
Sinai. 65 Sapagkat sinabi ni Yahweh na ang lahat ng mga
taong iyon ay tiyak na mamamatay sa ilang. Walang isang
taong natira kasama nila, maliban kina Caleb na anak ni
Jefune at Josue na anak ni Nun.

**27** At nagpunta kay Moises ang mga anak na babae ni
Zelofehad na anak na lalaki ni Hefer na anak na lalaki
ni Galaad na anak na lalaki ni Maquir na anak na lalaki ni
Manases, mula sa mga angkan ni Manases na anak na
lalaki ni Jose. Ito ang mga pangalan ng kaniyang mga anak
na babae: Mahla, Noe, Hogla, Milca, at Tirsa. 2 Tumayo sila
sa harapan nina Moises, Eleazar na pari, sa mga pinuno,
at sa harapan ng lahat ng mga komunidad sa pasukan
ng tolda ng pagpupulong. Sinabi nila, 3 “Namatay ang
aming ama sa ilang. Hindi siya kasama sa mga nagtipun-
tipon laban kay Yahweh sa samahan ni Kora. Namatay siya
sa kaniyang sariling kasalanan; ang kasalanan niya ang
dahilan kung bakit siya namatay. 4 Bakit kailangang mawala
ang pangalan ng aming ama mula sa buong miyembro
ng kaniyang angkan, dahil ba wala siyang anak na lalaki?
Bigyan mo kami ng lupain mula sa mga kamag-anak ng
aming ama.” 5 Kaya dinala ni Moises kay Yahweh ang
kanilang kahilingan. 6 Nagsalita si Yahweh kay Moises at
sinabi, 7 “Tama ang sinasabi ng mga anak na babae ni
Zelofehad. Dapat mo silang bigyan ng lupain bilang isang
mana mula sa lahat ng kamag-anak ng kanilang ama,
at dapat mong tiyakin na ang mana ng kanilang ama ay
maipapasa sa kanila. 8 Dapat kang magsalita sa mga tao
ng Israel at sabihin, 'Kung mamatay man ang isang tao at
walang anak na lalaki, dapat ninyong ipasa ang kaniyang
mana sa kaniyang anak na babae. 9 Kung wala siyang
anak na babae, dapat ninyong ibigay ang kaniyang mana
sa kaniyang mga kapatid na lalaki. 10 Kung wala siyang
mga kapatid na lalaki, dapat ninyong ibigay ang kanyang
mana sa mga lalaking kapatid ng kaniyang ama. 11 Kung
walang kapatid na lalaki ang kaniyang ama, dapat ninyong
ibigay ang kaniyang mana sa kaniyang malapit na kamag-
anak sa kaniyang angkan, at dapat niya itong kunin para
sa kaniyang sarili. Ito ay magiging isang batas na itatatag
para sa mga tao ng Israel, ayon sa iniutos ni Yahweh sa
akin.'” 12 Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Akyatin mo ang
mga bundok ng Abarim at tingnan ang lupain na ibinigay
ko sa mga tao ng Israel. 13 Pagkatapos mong makita ito,
ikaw din ay dapat maitipon sa iyong mga tao, tulad ng iyong
kapatid na si Aaron. 14 Mangyayari ito sapagkat kayong
dalawa ay naghimagsik laban sa aking utos sa ilang ng Sin.
Nang umapaw ang tubig mula sa bato roon, dahil sa iyong
galit, nabigo kang igalang ako bilang isang banal sa harap
ng mga mata ng buong sambayanan.” Ito ang mga tubig sa
Meriba ng Kades sa ilang ng Sin. 15 Pagkatapos, nagsalita
si Moises kay Yahweh at sinabi, 16 “Nawa, Yahweh, ang
Diyos ng espiritu ng lahat ng sangkatauhan, magtalaga ka ng
isang tao sa buong sambayanan, 17 isang taong maaaring
makalabas at makapasok sa harap nila at pangunahan sila
palabas at dalhin sila papasok, upang hindi matulad ang
iyong sambayanan sa isang tupang walang pastol.” 18 Sinabi
ni Yahweh kay Moises, “Kunin mo si Josue na anak na
lalaki ni Nun, isang lalaking pinananahan ng aking Espiritu
at ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya. 19 Dalhin mo
siya sa harapan ni Eleazar na pari at sa harap sa lahat ng
sambayanan at utusan siya sa harap ng kanilang mga mata
na pangunahan sila. 20 Dapat mong ilagay sa kaniya ang ilan
sa iyong kapangyarihan, upang ang lahat ng sambayanan ng
mga tao ng Israel ay susunod sa kaniya. 21 Pupunta siya sa
harapan ni Eleazar na pari upang hingin ang aking kalooban
sa mga desisyon sa Urim para sa kaniya. Ito ay magiging
kaniyang mga utos na ang mga tao ay lalabas at papasok,
siya at ang lahat ng mga tao ng Israel na kasama niya, ang
buong sambayanan.” 22 Kaya sumunod ni Moises ayon sa
utos sa kaniya ni Yahweh. Kinuha niya si Josue at dinala sa
harapan ni Eleazar na pari at sa lahat ng sambayanan. 23
Ipinatong niya ang kaniyang kamay sa kaniya at inutusan
siyang manguna, ayon sa iniutos sa kaniya ni Yahweh na
gawin niya.

**28** Nagsalita si Yahweh kay Moises at sinabi, **2** “Utusan
mo ang mga tao ng Israel at sabihin sa kanila, 'Dapat
ninyong ialay ang inyong mga handog sa akin sa mga
itinakdang panahon, ang pagkain ng aking mga handog na
ipinaraan sa apoy upang magbigay ng isang mabangong
halimuyak para sa akin.' **3** Dapat mo ring sabihin sa kanila,
'Ito ang alay na ipinaraan sa apoy na dapat mong ihandog
kay Yahweh—mga lalaking tupa na isang taong gulang
na walang kapintasan, dalawa bawat araw, bilang isang
karaniwang alay na susunugin. **4** Dapat mong ihandog
ang isang tupa sa umaga, at dapat mong ihandog ang
ibang tupa sa gabi. **5** Dapat mong ihandog ang ikasampu
ng epa ng pinong harina bilang isang handog na butil,
hinaluan ng ikaapat ng isang hin ng hinalong langis. **6** Ito ay
karaniwang alay na susunugin na inutos sa Bundok Sinai
upang magbigay ng isang matamis na halimuyak, isang
handog na ipinaraan sa apoy para kay Yahweh. **7** Ang
inuming handog na kasama nito ay dapat maging ika-apat
ng isang hin para sa isa sa mga tupa. Dapat ninyong ibuhos
sa banal na lugar ang inuming handog ng matapang na
inumin kay Yahweh. **8** Dapat ninyong ihandog ang isang
tupa sa gabi kasama ang iba pang handog na butil tulad ng
isang inihandog sa umaga. Dapat ninyong ihandog din ang
isa pang inuming handog kasama nito, isang handog na
ipinaraan sa apoy, upang magbigay ng isang mabangong
halimuyak para kay Yahweh. **9** Sa Araw ng Pamamahinga
dapat ninyong ihandog ang dalawang lalaking tupa, bawat
isang taong gulang na walang kapintasan, at dalawa sa
ikasampu ng isang epa ng pinong harina bilang isang handog
na pagkaing butil, na hinaluan ng langis, at ang inuming
handog kasama nito. **10** Ito ay ang alay na susunugin para
sa bawat Araw ng Pamamahinga, bilang karagdagan sa
karaniwang alay na susunugin at ang inuming handog na
kasama nito. **11** Sa simula ng bawat buwan, dapat kayong
mag-alay ng isang handog na susunugin kay Yahweh. Dapat
kayong mag-alay ng dalawang batang toro, isang tupang
lalaki, at pitong lalaking tupa na isang taong gulang na
walang kapintasan. **12** Dapat din kayong maghandog ng
tatlo sa ikasampu ng isang epa ng pinong harina bilang
isang handog na butil na hinaluan ng langis para sa bawat
toro, at dalawa sa ikasampu ng pinong harina bilang isang
handog na butil na hinaluan ng langis para sa bawat lalaking
tupa. **13** Dapat din ninyong ihandog ang isang ikasampu ng
isang epa ng pinong harina na hinaluan ng langis bilang
isang handog na butil para sa bawat tupa. Ito ay magiging
alay na susunugin, upang magbigay ng isang mabangong
halimuyak, isang handog na ipinaraan sa apoy para kay
Yahweh. **14** Dapat maging kalahati ng isang hin ng alak ang
mga inuming handog ng mga tao para sa isang toro, ang
ikatlo ng isang hin para sa isang lalaking tupa, at ikaapat ng
isang hin para sa isang batang tupa. Ito ay magiging alay na
susunugin para sa bawat buwan sa bawat buwan ng taon. **15**
Isang lalaking kambing bilang isang alay para sa kasalanan
ang dapat ihandog kay Yahweh. Magiging karagdagan ito
sa karaniwang alay na susunugin at ang inuming handog
na kasama nito. **16** Sa unang buwan, sa ikalabing-apat na
araw ng buwan, dumadating ang Paskua ni Yahweh. **17**
Idinadaos ang pista sa ikalabing limang araw ng buwang ito.
Sa loob ng pitong araw, dapat kainin ang tinapay na walang
lebadura. **18** Sa unang araw, dapat magkaroon ng isang
banal na pagpupulong upang parangalan si Yahweh. Hindi
ninyo dapat gawin ang karaniwang gawain sa araw na iyon.
**19** Gayunman, dapat kayong mag-alay ng isang handog na
ipinaraan sa apoy, isang alay na susunugin para kay Yahweh.
Dapat kayong mag-alay ng dalawang batang toro, isang
lalaking tupa, at pitong lalaking tupa na isang taong gulang,
na walang kapintasan. **20** Kasama ng toro, dapat kayong
mag-alay ng isang handog na butil ng tatlo sa ikasampu
ng epa ng pinong harina na hinaluan ng langis, at kasama
ng lalaking tupa, ang dalawa sa ikasampu. **21** Sa bawat
pitong tupa, dapat kayong maghandog ng isang ikasampu
ng isang epa ng pinong harina na hinaluan ng langis, **22** at
isang lalaking kambing bilang alay para sa kasalanan upang
maging pambayad sa kasalanan para sa inyong sarili. **23**
Dapat ninyong ihandog ang mga ito bilang karagdagan sa
karaniwang alay na susunugin na kinakailangan sa bawat
umaga. **24** Gaya ng nailarawan dito, dapat kayong mag-
alay ng mga handog na ito araw-araw, para sa pitong araw
ng Paskua, ang pagkaing inihahandog ninyong ipinaraan
sa apoy, isang mabangong halimuyak para kay Yahweh.
Dapat itong ihandog bilang karagdagan sa karaniwang alay
na susunugin at inuming handog kasama nito. **25** Sa ika-
pitong araw, dapat kayong magkaroon ng isang banal na
pagpupulong upang parangalan si Yahweh, at hindi ninyo
dapat gawin ang karaniwang gawain sa araw na iyon. **26** At
saka sa araw ng mga unang bunga, kapag maghandog kayo
ng isang bagong handog na butil kay Yahweh sa inyong
Pagdiriwang ng mga Linggo, dapat magkaroon kayo ng
isang banal na pagpupulong upang parangalan si Yahweh,
at hindi ninyo dapat gawin ang karaniwang gawain sa araw
na iyon. **27** Dapat kayong mag-alay ng isang handog na
susunugin upang magbigay ng isang mabangong halimuyak
para kay Yahweh. Dapat kayong mag-alay ng dalawang
batang toro, isang lalaking tupa, at pitong lalaking tupang
isang taong gulang. **28** Maghandog din kayo ng handog na
butil kasama ng mga ito: pinong harina na hinaluan ng langis,
tatlo sa ikasampu ng isang epa ng pinong harinang hinaluan
ng langis para sa bawat toro at dalawa sa ikasampu para sa

isang lalaking tupa. 29 Mag-alay kayo ng isang ikasampu
ng isang epa ng pinong harinang hinaluan ng langis para
sa bawat pitong tupa, 30 at isang lalaking kambing upang
maging pambayad kasalanan para sa inyong mga sarili. 31
Kapag mag-aalay kayo ng ganitong mga hayop na walang
kapintasan, kasama ng kanilang inuming handog, dapat
itong maging karagdagan sa karaniwang alay na susunugin
at ang handog na butil kasama nito.”

29 “Sa ikapitong buwan, sa unang araw ng buwan, dapat
magkaroon kayo ng isang banal na pagpupulong
upang parangalan si Yahweh. Hindi kayo dapat gumawa
ng karaniwang gawain sa araw na iyon. Ito ay magiging
isang araw kung kailan hihipan ninyo ang mga trumpeta. 2
Dapat kayong mag-alay ng isang susunuging handog upang
magbigay ng isang mabangong halimuyak para kay Yahweh.
Dapat kayong mag-alay ng isang batang toro, isang lalaking
tupa, at pitung lalaking tupa tig-iisang taong gulang, bawat
isang walang kapintasan. 3 Dapat kayong mag-alay kasama
ng mga iyon ng kanilang handog na butil, pinong harinang
hinaluan ng langis, tatlo sa sampung bahagi ng isang epa
para sa toro, dalawa sa sampung bahagi para sa lalaking
tupa, 4 at isa sa sampung bahagi ng bawat tupa sa pitong
tupa. 5 At dapat kayong mag-alay ng isang lalaking kambing
para sa handog ng pambayad ng inyong sariling kasalanan. 6
Ialay ninyo ang mga handog na ito sa ikapitong buwan bilang
karagdagan sa lahat ng mga alay na inyong iaalay sa unang
araw ng bawat buwan: ang natatanging alay na susunugin
at ang handog na butil kasama nito. Dapat karagdagan ang
mga ito sa karaniwang alay na susunugin, ang mga handog
na butil nito, at ang mga inuming handog. Habang ginagawa
ninyo ng mga handog na ito, susundin ninyo kung ano
ang inatas sa inyo upang magbigay ng isang mabangong
halimuyak, isang handog na ipinaraan sa apoy para kay
Yahweh. 7 Sa ikasampung araw ng ikapitong buwan, dapat
magkaroon kayo ng isang banal na pagpupulong upang
parangalan si Yahweh. Dapat kayong magpakumbaba at
hindi magtrabaho. 8 Dapat kayong maghandog ng isang
alay na susunugin upang magbigay ng isang mabangong
halimuyak para kay Yahweh. Dapat kayong maghandog ng
isang batang toro, isang lalaking tupa, at pitong lalaking
tupa na tig-iisang taong gulang. Dapat walang kapintasan
ang mga ito. 9 Dapat kayong maghandog kasama ng mga
iyon ng isang handog na butil, pinong harinang hinaluan ng
langis, tatlo sa sampung bahagi ng isang epa para sa toro,
dalawa sa sampung bahagi para sa isang lalaking tupa, 10
at isa sa sampung bahagi ng isang epa para sa bawat isa
sa pitong tupa. 11 Dapat kayong mag-alay ng isang lalaking
kambing bilang isang handog para sa kasalanan. Bukod pa
ito sa handog para sa kasalanan ng pagbabayad kasalanan,
ang karaniwang handog na susunugin, at ang mga handog
na butil, at mga inuming handog. 12 Sa ika labing limang
araw ng ikapitong buwan dapat magkaroon kayo ng isang
banal na pagpupulong upang parangalan si Yahweh. Hindi
kayo dapat gumawa ng karaniwang gawain sa araw na iyon,
at dapat ninyong ipagpatuloy ang pagdiriwang sa loob ng
pitong araw para sa kaniya. 13 Dapat kayong maghandog ng
isang handog na susunugin, isang alay na ipinaraan sa apoy
para magbigay ng isang mabangong halimuyak para kay
Yahweh. Dapat maghandog kayo ng labing tatlong batang
toro, dalawang lalaking tupa, at labing-apat na lalaking tupa
na tig-iisang taong gulang. Dapat walang kapintasan ang
bawat isa. 14 Dapat kayong maghandog kasama ng mga
iyon ng isang handog na butil, pinong harina na hinaluan
ng langis, tatlo sa sampung bahagi ng isang epa para
sa bawat toro ng labing tatlong toro, dalawa sa sampung
bahagi para sa bawat lalaking tupa ng dalawang lalaking
tupa, 15 at isa sa sampung bahagi ng isang epa para sa
bawat isa sa labing apat na mga tupa. 16 Dapat maghandog
kayo ng isang lalaking kambing bilang isang alay para sa
kasalanan bukod pa sa karaniwang handog na susunugin,
mga handog na butil, at inuming handog kasama nito. 17 Sa
ikalawang araw ng pagpupulong, dapat maghandog kayo
ng labindalawang batang toro, dalawang lalaking tupa, at
labing apat na tupa na tig-iisang taong gulang bawat isa,
na walang kapintasan. 18 Dapat gumawa kayo kasama ng
mga iyon ng isang handog na butil at ang mga inuming
handog para sa mga toro, para sa mga lalaking tupa, at para
sa mga batang tupa, gagawa ng maraming handog gaya
ng inutos. 19 Dapat kayong mag-handog ng isang lalaking
kambing bilang isang handog para sa kasalananbukod pa sa
karaniwang alay na susunugin, handog na butil, at kanilang
mga inuming handog. 20 Sa ikatlong araw ng pagpupulong,
dapat maghandog kayo ng labing-isang toro, dalawang
lalaking tupa, at labing apat na lalaking tupang tig-iisang
taong gulang, walang kapintasan ang bawat isa. 21 Dapat
gawin kasama ng mga iyon ang isang handog na butil at
mga inuming handog para sa mga toro, para sa mga lalaking
tupa, at para sa mga batang tupa, gagawa ng maraming
handog gaya ng inutos. 22 Dapat mag-handog kayo ng isang
lalaking kambing bilang isang handog para sa kasalanan
bukod pa sa karaniwang handog na susunugin, handog na
butil, at mga inuming handog. 23 Sa ikaapat na araw ng
pagpupulong, dapat maghandog kayo ng sampung toro,
dalawang lalaking tupa, at labing apat na lalaking tupa
na tig-iisang taong gulang, walang kapintsan ang bawat
isa. 24 Dapat gumawa kayo kasama ng mga iyon ng isang
handog na butil at mga inuming handog para sa mga toro,
para sa mga lalaking tupa, at para sa mga batang tupa,

gagawa ng maraming handog gaya ng inutos. 25 Dapat
kayong maghandog ng isang kambing bilang isang handog
para sa kasalanan bukod pa sa karaniwang handog na
susunugin, mga handog na butil, at mga inuming handog.
26 Sa ikalimang araw ng pagpupulong, dapat maghandog
kayo ng siyam na toro, dalawang lalaking tupa, at labing
apat na lalaking tupang tig-iisang taong gulang, walang
kapintasan ang bawat isa. 27 Dapat gumawa kayo kasama
ng mga iyon ng isang handog na butil at ang inuming
handog para sa mga toro, para sa mga lalaking tupa, at
para sa mga batang tupa, gagawa ng maraming handog
gaya ng inutos. 28 Dapat maghandog kayo ng isang lalaking
kambing bilang handog para sa kasalanan bukod pa sa
karaniwang handog na susunugin, mga handog na butil,
at kanilang mga inuming handog. 29 Sa ikaanim na araw
ng pagpupulong, dapat maghandog kayo ng walong toro,
dalawang lalaking tupa, at labing-apat na lalaking tupa na
tig-iisang taong gulang, walang kapintasan ang bawat isa.
30 Dapat gumawa kayo kasama nila ng isang handog na
butil at mga inuming handog para sa mga toro, para sa
mga lalaking tupa, at para sa mga batang tupa, gagawa
ng maraming handog gaya ng inutos. 31 Dapat kayong
maghandog ng isang lalaking kambing bilang isang handog
para sa kasalanan bukod pa sa karaniwang handog na
susunugin, mga handog na butil, at mga inuming handog. 32
Sa ikapitong araw ng pagpupulong, dapat maghandog kayo
ng pitong toro, dalawang lalaking tupa, at labing apat na
lalaking tupa na tig-iisang taong gulang, walang kapintasan
ang bawat isa. 33 Dapat gumawa kayo kasama ng mga
iyon ng isang handog na butil at inuming handog para sa
mga toro, para sa mga lalaking tupa, at para sa mga batang
tupa, gagawa ng maraming handog gaya ng inutos. 34
Dapat maghandog kayo ng isang lalaking kambing bilang
isang handog para sa kasalanan bukod pa sa karaniwang
handog na susunugin, mga butil ng handog, at kanilang mga
inuming handog. 35 Sa ikawalong araw dapat magkaroon
kayo ng isa pang mataimtim na pagpupulong. Hindi kayo
dapat gumawa ng karaniwang gawain sa araw na iyon.
36 Dapat mag-alay kayo ng isang handog na susunugin,
isang handog naipinaraan sa apoy upang magbigay ng
mabangong halimuyak para kay Yahweh. Dapat kayong
mag-alay ng isang toro, isang lalaking tupa, at pitong lalaking
tupa na tig-iisang taong gulang, walang kapintasan ang
bawat isa. 37 Dapat ninyong ihandog ang kanilang handog
na butil at kanilang mga inuming handog para sa toro, para
sa lalaking tupa, at para sa mga batang tupa, gagawa ng
maraming handog gaya ng inutos. 38 Dapat maghandog
kayo ng isang lalaking kambing bilang isang handog para sa
kasalanan bukod pa sa karaniwang handog na susunugin, at
kanilang mga inuming handog. 39 Ito ang dapat ninyong
ihandog kay Yahweh sa inyong mga itinakdang pagdiriwang.
Dapat ay karagdagan ang mga ito sa inyong mga panata
at mga kusang handog. Dapat ihandog ninyo ang mga ito
bilang inyong handog na susunugin, mga handog na butil,
mga inuming handog, at handog para sa pagtitipon-tipon."
40 Sinabi ni Moises sa mga tao ng Israel ang lahat ng bagay
na inutos ni Yahweh na kaniyang sabihin.

**30** Nagsalita si Moises sa mga pinuno ng mga tribu
ng mga tao ng Israel. Sinabi niya, "Ito ang inutos ni
Yahweh. 2 Kapag gumawa ng panata ang sinuman kay
Yahweh, o sumumpa ng isang panunumpa upang itali ang
kaniyang sarili sa pamamagitan ng isang pangako, hindi
niya dapat sirain ang kaniyang salita. Dapat niyang tuparin
ang kaniyang pangako na gawin ang lahat ng bagay na
lumabas sa kaniyang bibig. 3 Kapag gumawa ng isang
panata kay Yahweh ang isang dalagang naninirahan sa
bahay ng kaniyang ama at itali niya ang kaniyang sarili
sa pamamagitan ng isang pangako, 4 kung marinig ng
kaniyang ama ang panata at pangako kung saan itinali
niya sa kaniyang sarili, at kung wala siyang sasabihin para
baligtarin ito, ang lahat niyang panata ay mananatiling
mabisa. Mananatiling mabisa ang bawat pangako kung saan
itinali niya sa kaniyang sarili. 5 Subalit kung marinig ng
kaniyang ama ang tungkol sa kaniyang panata at pangako,
at kung wala siyang sasabihin sa kaniya, ipapatupad ang
lahat ng panata at pangakong itinali niya sa kaniyang sarili.
6 Gayunman, kung marinig ng kaniyang ama ang lahat
ng panatang ginawa niya at ang mga taimtim na pangako
niya kung saan ibinigkis niya sa kaniyang sarili, at kung
mananaig siya sa kaniya sa araw ding iyon, hindi ipapatupad
ang mga iyon. Patatawarin siya ni Yahweh dahil nanaig
sa kaniya ang kaniyang ama. 7 Kung magpapakasal siya
sa isang lalaki habang nasa ilalim ng mga panatang iyon,
o kung gumawa siya ng mga mapangahas na pangako
kung saan pinananagot niya ang kaniyang sarili, ipapatupad
ang mga pananagutang iyon. 8 Subalit kung pipigilan siya
ng kaniyang asawa sa araw na narinig niya ang tungkol
dito, at pinapawalang bisa niya ang panatang ginawa niya,
ang mapangahas na pananalita ng kaniyang labi kung
saan ibinigkis niya sa kaniyang sarili. Palalayain siya ni
Yahweh. 9 Subalit para sa isang balo o babaeng hiniwalayan
ng asawa, lahat ng bagay kung saan ibinigkis niya ang
kaniyang sarili ay ipapatupad laban sa kaniya. 10 At kung
gumawa ng panata ang isang babaeng nasa pamilya ng
kaniyang asawa—kung ibigkis niya ang kaniyang sarili
sa pamamagitan ng pangakong may panunumpa, 11 at
marinig ito ng kaniyang asawa ngunit walang sasabihin sa
kaniya—kung hindi niya ipapawalang bisa ang kaniyang

panata, dapat ipatupad ang lahat ng panata niya. Ipapatupad
ang bawat pangako kung saan ibinigkis niya ang kaniyang
sarili. 12 Subalit kung ipapawalang bisa ng kaniyang asawa
ang mga iyon sa araw na narinig niya ang tungkol sa mga
iyon, hindi ipapatupad anuman ang lalabas sa kaniyang
bibig tungkol sa mga panata o pangako niya. Pinawalang
bisa ng kanyang asawa ang mga iyon. Palalayain siya ni
Yahweh. 13 Bawat panata o panunumpang ginagawa ng
isang babae na nagbibigkis sa kaniya upang pagkaitan ang
kaniyang sarili ng isang bagay ay maaaring pagtibayin or
ipawalang bisa ng kaniyang asawa. 14 Subalit kung wala
siyang sinabing anuman sa kaniya sa paglipas ng mga araw,
pinagtitibay niya ang lahat niyang panata at nagbibigkis
na mga pangakong ginawa niya. Pinagtibay niya ang mga
iyon dahil wala siyang sinabi sa oras na narinig niya ang
tungkol sa mga iyon. 15 At kung susubuking ipawalang
bisa ng kaniyang asawa ang panata ng asawang babae
paglipas ng mahabang panahon matapos niyang marinig ang
tungkol dito, mananagot siya para sa kaniyang kasalanan.”
16 Ito ang mga batas na inutos ni Yahweh na ipahayag ni
Moises—mga batas sa pagitan ng isang lalaki at kaniyang
asawa at sa pagitan ng ama at kaniyang anak na babae
kapag nasa kabataan siya sa pamilya ng kaniyang ama.

**31** Nagsalita si Yahweh kay Moises at sinabi, 2 “Ipaghiganti
mo ang mga tao ng Israel laban sa mga Midianita.
Matapos mong gawin iyon, mamamatay ka at maititipon
sa iyong mga tao.” 3 Kaya nagsalita si Moises sa mga
tao. Sinabi niya, “Bigyan ng sandata ang ilan sa inyong
kalalakihan para sa digmaan upang lumaban sa Midian at
ipatupad ang paghihiganti ni Yahweh rito. 4 Dapat magpadala
ang bawat tribu sa buong Israel ng isang libong kawal
sa digmaan.” 5 Kaya mula sa libu-libong kalalakihan ng
Israel, nagpadala ng isang libo mula sa bawat tribu para
sa digmaan, labindalawang libong kalalakihan lahat. 6
Pagkatapos, ipinadala sila ni Moises sa labanan, isang libo
mula sa bawat tribu, kasama si Finehas na anak ni Eleazar
na pari, at ilang kagamitan mula sa banal na lugar at mga
trumpetang pag-aari niya para sa pagpapatunog ng mga
hudyat. 7 Nakipaglaban sila sa Midian, ayon sa inutos ni
Yahweh kay Moises. Pinatay nila ang bawat lalaki. 8 Pinatay
nila ang mga hari ng Midian kasama ng ibang mga napatay
nila: sina Evi, Rekem, Zur, Hur, at Reba, ang limang hari
ng Midian. Pinatay rin nila si Balaam na anak ni Beor, sa
pamamagitan ng espada. 9 Binihag ng hukbo ng Israel ang
mga kababaihan ng Midian, kasama ang kanilang mga anak,
lahat ng baka, lahat ng kawan, at lahat ng kanilang mga
kagamitan. Kinuha nila ang mga ito bilang pandarambong.
10 Sinunog nila ang lahat nilang lungsod kung saan sila
nanirahan at lahat ng kanilang kampo. 11 Dinala nila lahat
ng kanilang nadambong at mga bihag, kapwa mga tao at
mga hayop. 12 Dinala nila ang mga bilanggo, ang dambong,
at ang mga nakuhang bagay kay Moises, kay Eleazer na
pari, at sa sambayanan ng mga tao ng Israel. Dinala nila
ang mga ito sa kampo sa kapatagan ng Moab, sa bandang
Jordan malapit sa Jerico. 13 Sinalubong sila nina Moises,
Eleazar na pari at ng lahat ng mga pinuno ng sambayanan
sa labas ng kampo. 14 Subalit nagalit si Moises sa mga
opisyal ng hukbo at sa mga mga pinuno ng libu-libo at
kapitan ng daan-daan, na nanggaling sa labanan. 15 Sinabi
ni Moises sa kanila, “Hinayaan ba ninyong mabuhay ang
mga babae? 16 Masdan ninyo, ang mga babaeng ito, sa
pamamagitan ng payo ni Balaam, ang nagdulot sa mga tao
ng Israel na magkasala laban kay Yahweh sa usapin ng
Peor, nang lumaganap ang salot sa sambayanan ni Yahweh.
17 Kaya ngayon, patayin ninyo ang mga batang lalaki, at
patayin ang bawat babaeng nakipagtalik na sa isang lalaki.
18 Ngunit kunin para sa inyong sarili ang mga dalagang hindi
pa nakipagtalik sa isang lalaki. 19 Dapat kayong magkampo
sa labas ng kampo ng Israel sa loob ng pitong araw. Lahat
kayong nakapatay ng sinuman o nakahawak ng anumang
patay na tao—dapat gawing dalisay ang inyong sarili sa
ikatlo at ikapitong araw—kayo at ang mga bihag ninyo. 20 At
gawing dalisay para sa inyong sarili ang bawat kasuotan,
lahat ng bagay na gawa sa balat ng hayop at balahibo
ng kambing, at lahat ng bagay na gawa sa kahoy.” 21
Pagkatapos sinabi ni Eleazar na pari sa mga kawal na
nagpunta sa digmaan, “Ito ang mga batas na ibinigay ni
Yahweh kay Moises: 22 Ang ginto, pilak, tanso, bakal, lata,
at tingga, 23 at lahat ng bagay na hindi nasusunog sa apoy,
dapat ninyong padaanin sa apoy, at magiging mailinis ito.
Dapat ninyong gawing dalisay ang mga ito sa tubig na
panlinis. Anumang hindi makakaraan sa apoy ay dapat
ninyong linisin sa pamamagitan ng tubig na iyon. 24 At dapat
ninyong labhan ang inyong mga damit sa ikapitong araw at
sa gayon magiging malinis kayo. Pagkatapos nito, maaari
na kayong pumasok sa kampo ng Israel.” 25 Pagkatapos,
nagsalita si Yahweh kay Moises at sinabi, 26 “Bilangin mo
ang lahat ng kinuhang bagay na dinambong, kapwa mga tao
at mga hayop. Ikaw, si Eleazar na pari, at ang mga pinuno
ng sambayanan ng mga angkan ng mga ninuno 27 dapat
ninyong hatiin ang mga dinambong sa dalawang bahagi.
Hatiin ang mga iyon sa pagitan ng mga kawal na pumunta sa
labanan at sa buong sambayanan. 28 At magpataw ng buwis
para ibigay sa akin mula sa mga kawal na nagpunta sa
labanan. Ang buwis na ito ay dapat isa sa bawat limandaan,
maging mga tao, baka, asno, tupa o kambing. 29 Kunin
ang buwis na ito mula sa kanilang bahagi at ibigay ito kay
Eleazar na pari bilang isang handog na idudulog sa akin.

**30** Gayundin mula sa bahagi ng mga tao ng Israel, dapat
kayong kumuha ng isa sa bawat limampu—mula sa mga
tao, baka, asno, tupa, at kambing. Ibigay ninyo ang mga
ito sa mga Levitang nangangalaga ng aking tabernakulo."
**31** Kaya ginawa nina Moises at Eleazar ayon sa inutos ni
Yahweh kay Moises. **32** Ngayon, ang natirang dambong
na kinuha ng mga kawal ay 675, 000 na tupa, **33** 72, 000
na lalaking baka, **34** 61, 000 na asno, at **35** 32, 000 na
kababaihang hindi pa kailanman nakipagtalik sa sinumang
lalaki. **36** Ang hating itinabi para sa mga sundalo ay may
bilang na 337, 000 na tupa. **37** Ang bahagi ng tupa para
kay Yahweh ay 675. **38** Talumpu't anim na libo ang lalaking
baka kung saan 72 ang buwis ni Yahweh. **39** Ang mga
asno ay 30, 500 mula sa 61 na bahagi ni Yahweh. **40** Ang
mga tao ay labing-anim na libong kababaihan kung saan 32
ang buwis ni Yahweh. **41** Kinuha ni Moises ang buwis na
magiging handog na idudulog kay Yahweh. Ibinigay niya ito
kay Eleazar na pari, ayon sa inutos ni Yahweh kay Moises.
**42** Para sa hati ng mga tao ng Israel na kinuha ni Moises
mula sa mga kawal na nakapunta sa digmaan— **43** ang hati
ng sambayanan ay 337, 500 na tupa, **44** talumpu't anim na
libong lalaking baka, **45** 30, 500 na asno, **46** at labing-anim
na libong kababaihan. **47** Mula sa hati ng mga tao ng Israel,
kumuha si Moises ng isa sa bawat limampu, kapwa mga tao
at mga hayop. Ibinigay niya ang mga iyon sa mga Levitang
nangangalaga sa tabernakulo ni Yahweh, gaya ng inutos ni
Yahweh na gawin niya. **48** Pagkatapos, lumapit kay Moises
ang mga opisyal ng hukbo, mga pinuno ng libu-libo at mga
kapitan ng daan-daan. **49** Sinabi nila sa kaniya, "Binilang ng
iyong mga lingkod ang mga kawal na nasa ilalim ng aming
pamumuno, at walang isa mang nawawala. **50** Dinala namin
ang mga handog ni Yahweh, kung ano ang natagpuan ng
bawat lalaki, mga ginintuang bagay, mga pansuot sa braso,
mga pulseras, mga singsing na may selyo, mga hikaw at
mga kuwintas, upang gumawa ng pambayad ng kasalanan
para sa aming sarili sa harapan ni Yahweh." **51** Tinanggap ni
Moises at ni Eleazar na pari mula sa kanila ang ginto at mga
binuong bagay. **52** Lahat ng ginto sa handog na ibinigay nila
kay Yahweh—ang mga handog mula sa mga pinuno ng libu-
libo, at mula sa mga kapitan ng daan-daan—ay tumitimbang
ng 16, 750 siklo. **53** Kumuha ng dambong ang bawat kawal,
ang bawat lalaki para sa kaniyang sarili. **54** Kinuha ni Moises
at ni Eleazar na pari ang ginto mula sa mga pinuno ng libu-
libo at mga kapitan ng daan-daan. Dinala nila ito sa tolda ng
pagpupulong bilang paalala sa mga tao ng Israel para kay
Yahweh.

**32** Ngayon ang mga kaapu-apuhan ni Ruben at Gad ay
may napakalaking bilang ng mga alagang hayop. Nang
nakita nila ang lupain ni Jazer at Galaad, ang lupain ay
isang mainam na lugar para sa mga alagang hayop. **2** Kaya
ang mga kaapu-apuhan ni Gad at Ruben ay dumating at
nagsalita kay Moises, kay Eleazar na pari, at sa mga pinuno
ng sambayanan. Sinabi nila, **3** "Atarot, Dibon, Jazer, Nimra,
Hesbon, Eleale, Sebam, Nebo, at Beon, **4** ang mga lupaing
sinalakay ni Yahweh sa harap ng mamamayan ng Israel
ay magandang mga lugar para sa mga alagang hayop.
Kaming mga lingkod mo ay may maraming alagang hayop."
**5** Sinabi nila, "Kung kami ay naging kalugud-lugod sa inyong
paningin, hibigay mo sa amin ang lupaing ito, samga lingkod
mo, bilang isang ari-arian. Huwag mo kaming hayaang
tumawid sa Jordan." **6** Sumagot si Moises sa mga kaapu-
apuhan ni Gad at Ruben, "Kailangan bang pumunta ang
inyong mga kapatid na lalaki sa digmaan habang kayo ay
nananatili dito? **7** Bakit ninyo pinahihina ang puso ng mga
tao ng Israel sa pagpunta sa lupaing ibinigay sa kanila ni
Yahweh? **8** Ganoon din ang ginawa ng inyong mga ama
nang ipadala ko sila mula sa Kades Barnea upang suriin
ang lupain. **9** Umakyat sila sa lambak ng Escol. Nakita nila
ang lupain at pagkatapos ay pinahina ang loob ng mga tao
ng Israel kaya tumanggi silang pumasok sa lupaing ibinigay
sa kanila ni Yawheh. **10** Nag-alab ang galit ni Yawheh ng
araw na iyon. Nanumpa siya at sinabi, **11** 'Tiyak na wala sa
mga kalalakihang umalis mula Ehipto, mula dalawampung
taong gulang pataas, ang makakakita sa lupaing aking
ipinangako kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, dahil
hindi nila ako lubusang sinunod, maliban kay **12** Caleb na
lalaking anak ni Jefune na Cenizita, at Josue na anak ni
Nun. Tanging si Caleb at Josue ang lubusang sumunod
sa akin.' **13** Kaya nag-alab ang galit ni Yahweh laban sa
Israel. Idinulot niyang magpaga-gala sila sa ilang sa loob
ng apatnapung taon hanggang sa ang lahat ng salinlahing
gumawa ng masama sa kaniyang paningin ay nalipol. **14**
Tingnan mo, humalili kayo sa lugar ng inyong mga ama,
tulad ng mas makasalanang mga tao, upang dumagdag sa
nag-aalab na galit ni Yahweh sa Israel. **15** Kung tatalikod
kayo mula sa pagsunod sa kaniya, iiwan niya muli ang Israel
sa ilang at lilipulin ninyo ang lahat ng mga taong ito." **16**
Kaya lumapit sila kay Moises at sinabi, "Payagan mo kaming
magtayo ng mga bakod dito para sa aming mga baka at
mga lungsod para sa aming mga pamilya. **17** Gayunman,
kami mismo ay magiging handa at nakasandatang sasama
sa hukbo ng Israel hanggang sa mapangunahan namin
sila sa kanilang lugar. Ngunit maninirahan ang aming mga
pamilya sa mga pinagtibay na lungsod dahil sa ibang mga
taong nananatili pa ring nakatira sa lupaing ito. **18** Hindi
kami babalik sa aming mga tahana hangga't ang mga tao ng
Israel, ang bawat lalaki ay magkaroon ng mana. **19** Hindi
namin mamanahin ang lupain kasama nila sa ibang panig

ng Jordan, dahil ang aming mana ay narito sa dakonhg
silangan ng Jordan." **20** Kaya sumagot si Moises sa kanila,
"Kung gagawin ninyo ang inyong sinabi, kung sasandatahan
ninyo ang inyong mga sarili sa harap ni Yahweh upang
makidigma, **21** ang bawat isa sa inyong mga armadong
lalaki ay kinakailangang tumawid sa Jordan sa harap ni
Yahweh, hanggang sa mapaalis niya ang kaniyang mga
kaaway mula sa harap niya **22** at naangkin ang lupain sa
harap niya. Kung ganoon matapos iyon makakabalik na
kayo. Mapapawalang-sala kayo kay Yahweh at sa Israel.
Magiging inyong ari-arian ang lupaing ito sa harapan ni
Yahweh. **23** Ngunit kung hindi ninyo gagawin ito, tingnan
ninyo, magkakasala kayo kay Yahweh. Tiyakin ninyong ang
inyong kasalanan ay hahanapin kayo. **24** Magtayo kayo ng
mga lungsod para sa inyong mga pamilya at mga kulungan
para sa inyong tupa; at gawin ninyo ang inyong sinabi." **25**
Ang mga kaapu-apuhan ni Gad at Ruben ay nagsalita kay
Moises at sinabi, "Ang inyong mga lingkod ay gagawin ang
mga inutos mo, aming amo. **26** Ang aming mga paslit, ang
aming mga asawa, ang aming mga kawan, at ang lahat ng
aming alagang hayop ay mananatili doon sa mga lungsod
ng Galaad. **27** Ganoon pa man, kami na inyong mga lingkod,
ay tatawid sa harapan ni Yahweh upang makipaglaban,
bawat lalaking armado para sa digmaan, gaya ng sinabi
mo, aming amo." **28** Kaya nagbigay ng mga tagubilin si
Moises tungkol sa kanila kay Eleazar na pari, kay Josue na
anak na lalaki ni Nun, at sa mga pinuno ng mga angkan ng
mga ninuno sa mga tribu ng mga tao ng Israel. **29** Sinabi ni
Moises sa kanila, "Kung ang mga kaapu-apuhan ni Gad at
Ruben ay tatawid sa Jordan kasama ninyo, bawat lalaking
armado upang makipaglaban sa harapan ni Yahweh, at
kung ang lupain ay nilupig sa harap ninyo, ibibigay ninyo sa
kanila ang lupain ng Galaad bilang isang ari-arian. **30** Ngunit
kung hindi sila tatawid kasama ninyong armado, kukunin
nila ang kanilang mga ari-arian sa piling ninyo sa lupain ng
Canaan." **31** Kaya ang mga kaapu-apuhan ni Gad at Ruben
ay sumagot at sinabi, "Ayon sa sinabi ni Yahweh sa amin,
na inyong mga lingkod, ito ang gagawin namin. **32** Kami ay
tatawid na nakasandata sa harap ni Yahweh sa lupain ng
Canaan, ngunit mananatili sa amin ang aming inangking
mana sa bahaging ito ng Jordan." **33** Kaya ang mga kaapu-
apuhan nina Gad at Ruben at pati na rin ang kalahati sa tribu
ni Manases na anak na lalaki ni Jose, ibinigay ni Moises
ang kaharian ni Sihon, na hari ng mga Amoreo, at Og, na
hari ng Bashan. Ibinigay sa kanila ang lupain, at ibinahagi
sa kanila ang lahat ng mga lungsod nito kasama ang mga
hangganan, ang mga lungsod ng lupaing nakapaligid sa
mga ito. **34** Muling itinayo ng mga kaapu-apuhan ni Gad ang
Dibon, Atarot, Aroer, **35** Atrot Sopan, Jazer, Jogbeha, **36** Bet
Nimra, at Bet Haran bilang mga pinatibay na lungsod na
may mga kulungan para sa tupa. **37** Muling itinayo ng mga
kaapu-apuhan ni Ruben ang Hesbon, Eleale, Kiriatim, **38**
Nebo, Baal Meon—na pinalitan kalaunan ang kanilang mga
pangalan, at Sibma. Nagbigay sila ng ibang mga pangalan
sa mga lungsod na kanilang muling itinayo. **39** Nagpunta ang
mga kaapu-apuhan ni Maquir na anak na lalaki ni Manases
sa Galaad at kinuha ito mula sa mga Amoreong naroon. **40**
Pagkatapos ibinigay ni Moises ang Galaad kay Maquir anak
na lalaki ni Manases, at ang kaniyang mga tao ay nanirahan
doon. **41** Nagpunta si Jair na anak na lalaki ni Manases
at sinakop ang mga nayon nito at tinawag ang mga itong
Havot Jair. **42** Nagpunta si Noba at sinakop ang Kenat at
mga kanayunan nito, at tinawag niya itong Noba, sunod sa
kaniyang sariling pangalan.

**33** Ito ang mga pagkilos ng mga tao ng Israel matapos
nilang lisanin ang lupain ng Ehipto ayon sa kanilang
mga armadong pangkat sa ilalim ng pamumuno ni Moises
at Aaron. **2** Isinulat ni Moises ang mga lugar mula sa
pinanggalingan nila hanggang sa pinuntahan nila ayon sa
inutos ni Yahweh. Ito ang kanilang mga pagkilos, mula sa
paglisan tungo sa sunod na paglisan. **3** Naglakbay sila
mula sa Rameses sa unang buwan, umalis sila sa ikalabing
limang araw ng unang buwan. Sa umaga matapos ang
Paskua, hayagang umalis ang mga tao ng Israel sa paningin
ng lahat ng mga taga-Ehipto. **4** Nangyari ito habang inililibing
ng mga taga-Ehipto ang lahat ng kanilang mga panganay,
iyong mga pinatay ni Yahweh sa kanila, sapagkat nagpataw
din siya ng parusa sa kanilang mga diyos. **5** Naglakbay ang
mga tao ng Israel mula sa Rameses at nagkampo sa Sucot.
**6** Naglakbay sila mula sa Succot at nagkampo sa Etam sa
dulo ng ilang. **7** Naglakbay sila mula sa Etam at bumalik
sa Pi Hahirot na kasalungat ng Baal-zefon, kung saan sila
nagkampo kasalungat ng Migdol. **8** Pagkatapos, naglakbay
sila mula sa kasalungat ng Pi Hahirot at dumaan sila sa gitna
ng dagat tungo sa ilang. Naglakbay sila ng tatlong araw
tungo sa ilang ng Etam at nagkampo sa Mara. **9** Naglakbay
sila mula sa Mara at dumating sa Elim. May labindalawang
bukal at pitumpung puno ng palmera sa Elim. Doon sila
nagkampo. **10** Naglakbay sila mula sa Elim at nagkampo
sa tabi ng Dagat ng mga Tambo. **11** Naglakbay sila mula
sa Dagat ng mga Tambo at nagkampo sa ilang ng Sin. **12**
Naglakbay sila mula sa ilang ng Sin at nagkampo sa Dofca.
**13** Naglakbay sila mula sa Dofca at nagkampo sa Alus. **14**
Naglakbay sila mula sa Alus at nagkampo sila sa Refidim,
kung saan walang matagpuang tubig upang mainom ng mga
tao. **15** Naglakbay sila mula sa Refidim at nagkampo sa
ilang ng Sinai. **16** Naglakbay sila mula sa ilang ng Sinai at
nagkampo sa Kibrot Hataava. **17** Naglakbay sila mula sa

Kibrot Hattaava at nagkampo sa Hazerot. 18 Naglakbay
sila mula sa Hazerot at nagkampo sa Ritma. 19 Naglakbay
sila mula sa Ritma at nagkampo sa Rimmon Perez. 20
Naglakbay sila mula sa Rimmon Perez at nagkampo sa
Libna. 21 Naglakbay sila mula sa Libna at nagkampo sa
Risa. 22 Naglakbay sila mula sa Risa at nagkampo sa
Cehelata. 23 Naglakbay sila mula sa Cehelata at nagkampo
sila sa Bundok ng Sefer. 24 Naglakbay sila mula sa Bundok
ng Sefer at nagkampo sa Harada. 25 Naglakbay sila mula sa
Harada at nagkampo sa Macelot. 26 Naglakbay sila mula
sa Macelot at nagkampo sa Tahat. 27 Naglakbay sila mula
sa Tahat at nagkampo sa Tera. 28 Naglakbay sila mula sa
Tera at nagkampo sa Mitca. 29 Naglakbay sila mula sa
Mitca at nagkampo sa Hasmona. 30 Naglakbay sila mula sa
Hasmona at nagkampo sa Moserot. 31 Naglakbay sila mula
sa Moserot at nagkampo sa Bene Jaakan. 32 Naglakbay
sila mula sa Bene Jaakan at nagkampo sa Hor Hagidgad.
33 Naglakbay sila mula sa Hor Hagidgad at nagkampo sa
Jotbata. 34 Naglakbay sila mula sa Jotbata at nagkampo sa
Abrona. 35 Naglakbay sila mula sa Abrona at nagkampo sa
Ezion Geber. 36 Naglakbay sila mula sa Ezion Geber at
nagkampo sa ilang ng Sin sa Kades. 37 Naglakbay sila mula
sa Kades at nagkampo sa Bundok ng Hor, sa dulo ng lupain
ng Edom. 38 Umakyat ang paring si Aaron sa Bundok Hor
ayon sa utos ni Yahweh at doon namatay sa ika-apatnapung
taon matapos lumabas ang mga tao ng Israel sa lupain ng
Ehipto, sa ikalimang buwan, sa unang araw ng buwan. 39
123 taong gulang si Aaron nang mamatay siya sa Bundok
Hor. 40 Narinig ng hari ng Arad na Cananeo, na nakatira
sa timugang ilang sa lupain ng Canaan ang pagdating ng
mga tao ng Israel. 41 Naglakbay sila mula sa Bundok Hor at
nagkampo sa Zalmona. 42 Naglakbay sila mula sa Zalmona
at nagkampo sa Punon. 43 Naglakbay sila mula sa Punon
at nagkampo sa Obot. 44 Naglakbay sila mula sa Obot
at nagkampo sa Iye Abarim, sa hangganan ng Moab. 45
Naglakbay sila mula sa Iye Abarim at nagkampo sa Dibon
Gad. 46 Naglakbay sila mula sa Dibon Gad at nagkampo sa
Almon Diblataim. 47 Naglakbay sila mula sa Almon Diblataim
at nagkampo sa kabundukan ng Abarim, salungat ng Nebo.
48 Naglakbay sila mula sa mga kabundukan ng Abarim at
nagkampo sa mga kapatagan ng Moab sa tabi ng Jordan
sa Jerico. 49 Nagkampo sila sa tabi ng Jordan, mula Bet
Jesimot hanggang Abel Siitim sa mga kapatagan ng Moab.
50 Nagsalita si Yahweh kay Moises sa mga kapatagan ng
Moab sa tabi ng Jordan sa Jerico at sinabi, 51 "Magsalita
ka sa mga tao ng Israel at sabihin mo sa kanila, 'Kapag
tumawid kayo sa Jordan sa lupain ng Canaan, 52 dapat
ninyong itaboy ang lahat ng mga naninirahan sa lupain sa
inyong harapan. Dapat ninyong sirain ang lahat ng kanilang
inukit na mga anyo. Dapat ninyong wasakin ang lahat
ng kanilang mga hinubog na anyo at gibain ang lahat ng
kanilang mga dambana. 53 Dapat ninyong angkinin ang
lupain at manirahan doon, sapagkat ibinigay ko sa inyo
ang lupain upang angkinin. 54 Dapat ninyong manahin ang
lupain sa pamamagitan ng palabunutan, ayon sa bawat
angkan. Dapat ninyong ibigay ang mas malaking bahagi
ng lupa sa mas malaking angkan, at dapat ninyong ibigay
ang mas maliit na bahagi ng lupa sa mas maliit na angkan.
Saan man tumapat ang palabunutan sa bawat angkan,
ang lupaing iyon ay mapapabilang dito. Mamanahin ninyo
ang lupa ayon sa tribu ng inyong mga ninuno. 55 Subalit
kung hindi ninyo itataboy ang mga naninirahan sa lupain sa
harapan ninyo, sa gayon ang mga taong pinayagan ninyong
manatili ay magiging parang mga muta sila sa inyong mga
mata at magiging tinik sa inyong mga tagiliran. Gagawin
nilang mahirap ang inyong buhay sa lupain kung saan kayo
maninirahan. 56 At mangyayari na kung ano ang binabalak
ko ngayong gawin sa mga taong iyon, gagawin ko rin sa
inyo.'"

34 Nagsalita si Yahweh kay Moises at sinabi, 2 "Utusan
mo ang mga tao ng Israel at sabihin sa kanila,
"Kapag papasok kayo sa lupain ng Canaan, ang lupain na
mapapasainyo, ang lupain ng Canaan at mga hangganan
nito, 3 ang inyong hangganan sa timog ay aabot mula sa
ilang ng Sin sa may hangganan ng Edom. Ang silangang
dulo ng timog na hangganan ay magiging nasa isang linya na
magtatapos sa gawing hangganan ng timog ng Dagat Asin.
4 Ang inyong hangganan ay liliko sa timog mula sa burol ng
Akrabim at tatawid hanggang sa ilang ng Sin. Mula doon,
aabot ito sa timog ng Kades Barnea at hanggang sa Hazar
Adar at hanggang Azmon. 5 Mula roon, ang hangganan ay
liliko mula Azmon patungo sa batis ng Ehipto at susundan ito
hanggang sa dagat. 6 Ang kanlurang hangganan ay magiging
sa baybayin ng Malaking Dagat. Ito ang magiging kanluraning
hangganan ninyo. 7 Ang inyong hilagang hangganan ay
aabot hanggang sa linya na dapat ninyong markahan mula
sa Malaking Dagat hanggang sa Bundok Hor, 8 at mula sa
Bundok Hor hanggang sa Lebo Hamat, at magpapatuloy sa
Zedad. 9 At magpapatuloy ang hangganan sa Zefron at
matatapos sa Hazar Enan. Ito ang inyong magiging hilagang
hangganan. 10 Pagkatapos, dapat ninyong markahan ang
inyong silangang hangganan mula sa Hazar Enan sa timog
hanggang Sefam. 11 Pagkatapos bababa ang silangang
hangganan mula sa Sefam hanggang sa Ribla, sa silangang
dako ng Ain. Magpapatuloy ang hangganan sa silangang
dako ng Dagat Cineret. 12 At magpapatuloy ang hangganan
sa timog sa may Ilog Jordan hanggang sa Dagat Asin at
magpapatuloy pababa sa silangang hangganan ng Dagat

Asin. Ito ang inyong magiging lupain, na alinsunod sa mga
hangganan sa buong palibot.'" 13 Pagkatapos, inutusan ni
Moises ang mga tao ng Israel at sinabi, "Ito ang lupaing
matatanggap ninyo sa pamamagitan ng palabunutan, na
ipinangako ni Yahweh na ibibigay sa siyam na tribu at sa
kalahating tribu. 14 Ang tribu ng kaapu-apuhan ni Ruben,
alinsunod sa itinakdang ari-arian sa tribu ng kanilang mga
ninuno, at sa tribu ng mga kaapu-apuhan ni Gad, alinsunod
sa itinakdang ari-arian sa mga tribu ng kanilang mga ninuno,
at sa kalahati ng tribu ni Manases ay natanggap ang lahat ng
kanilang mga lupain. 15 Ang dalawang tribu at ang kalahating
tribu ay nakatanggap ng kanilang bahagi sa lupain sa ibayo
ng Jordan sa silangang Jerico, patungo sa harap sa sikatan
ng araw." 16 Nagsalita si Yahweh kay Moises at sinabi, 17
"Ito ang mga pangalan ng mga kalalakihang maghahati sa
lupain para sa inyong mana: Si Eleazar na pari at Josue na
anak na lalaki ni Nun. 18 Kailangan mong pumili ng isang
pinuno mula sa bawat tribu na maghahati sa lupain para sa
kanilang mga angkan. 19 Ito ang mga pangalan ng mga
kalalakihan: Mula sa tribu ni Juda, si Caleb anak na lalaki ni
Jefune. 20 Mula sa tribu ng mga kaapu-apuhan ni Simeon,
si Semuel na anak na lalaki ni Amiud. 21 Mula sa tribu ng
Benjamin, si Elidad na anak na lalaki ni Kislon. 22 Mula sa
tribu ng mga kaapu-apuhan ni Dan isang pinunog si Bukki
na anak na lalaki ni Jogli. 23 Mula sa mga kaapu-apuhan
ni Jose, sa tribu ng mga kaapu-apuhan ni Manases isang
pinunong si Haniel na anak na lalaki ni Efod. 24 Mula sa tribu
ng mga kaapu-apuhan ni Efraim isang pinunong si Kemuel
na anak na lalaki ni Siftan. 25 Mula sa tribu ng mga kaapu-
apuhan ni Zebulun isang pinunong si Elizafan na anak na
lalaki ni Parnac. 26 Mula sa tribu ng mga kaapu-apuhan ni
Isacar isang pinunong si Paltiel na anak na lalaki ni Azan. 27
Mula sa tribu ng mga kaapu-apuhan ni Aser isang pinunong
si Ahiud na anak na lalaki ni Selomi. 28 Mula sa tribu ng
mga kaapu-apuhan ni Neftali isang pinunong si Pedahel
na anak na lalaki ni Amiud." 29 Inutusan ni Yahweh ang
mga lalaking ito na hatiin ang lupain ng Canaan at ibigay sa
bawat isa sa mga tribu ng Israel ang kanilang parte.

**35** Nagsalita si Yahweh kay Moises sa mga kapatagan
ng Moab sa tabi ng Jordan sa Jerico at sinabi, 2
"Utusan mo ang mga tao ng Israel na magbigay ng ilan
sa kanilang mga bahagi ng lupain sa mga Levita. Dapat
nila silang bigyan ng mga lungsod upang tirahan at lupaing
pastulan sa palibot ng mga lungsod na iyon. 3 Kukunin
ng mga Levita ang mga lungsod na ito para panahanan.
Ang lupaing pastulan ay magiging para sa kanilang mga
baka, sa kanilang mga kawan, at sa lahat ng kanilang
mga hayop. 4 Ang mga lupaing pastulan sa palibot ng
mga lungsod na inyong ibibigay sa mga Levita ay dapat
isang libong kubit sa bawat panig mula sa mga pader ng
lungsod. 5 Dapat kang sumukat ng dalawang libong kubit
mula sa labas ng lungsod sa silangang bahagi, at dalawang
libong kubit sa timugang bahagi, at dalawang libong kubit
sa kanlurang bahagi, at dalawang libong kubit sa hilagang
bahagi. Ito ang magiging lupaing pastulan para sa kanilang
mga lungsod. Ang mga lungsod ay magiging nasa gitna. 6
Anim sa mga lungsod na iyong ibibigay sa mga Levita ay
dapat magsilbing mga lungsod ng kanlungan. Dapat mong
ilaan ang mga ito bilang mga lugar na maaaring matakasan
ng mga akusadong mamamatay-tao. Maglaan ka rin ng
ibang apatnapu't dalawang lungsod. 7 Ang mga lungsod na
ibibigay mo sa mga Levita ay may kabuuang apatnapu't
walo. Dapat mong ibigay ang kanilang mga lupaing pastulan
kasama ng mga ito. 8 Ang mga malalaking tribu ng mga
tao ng Israel, ang mga tribu na may maraming lupain, ang
dapat magbigay ng maraming lungsod. Ang mga tribu na
mas maliit ay magbibigay ng kaunting lungsod. Bawat tribu
ay dapat magbigay para sa mga Levita ayon sa bahaging
natanggap nito." 9 Pagkatapos, nagsalita si Yahweh kay
Moises at sinabi, 10 "Magsalita ka sa mga tao ng Israel
at sabihin mo sa kanila, 'Kapag tumawid kayo sa Jordan
patungo sa lupain ng Canaan, 11 dapat kayong pumili ng
mga lungsod na magsisilbing mga lungsod ng kublihan
para sa inyo, upang sinumang tao ang makapatay ng isang
tao nang hindi sinasadya ay maaaring tumakas sa mga
ito. 12 Ang mga lungsod na ito ang dapat magiging inyong
kublihan mula sa tagapaghiganti, upang ang akusadong tao
ay hindi mapapatay na walang unang paglilitis sa harap ng
sambayanan. 13 Dapat kayong pumili ng anim na lungsod
bilang mga lungsod ng kublihan. 14 Dapat kayong magbigay
ng tatlong lungsod sa labas ng Jordan at tatlo sa lupain ng
Canaan. Ang mga ito ang magiging mga lungsod ng kublihan.
15 Para sa mga tao ng Israel, para sa mga dayuhan, para sa
sinumang naninirahan sa piling ninyo, ang anim na lungsod
na ito ay magsisilbing isang kublihan na maaaring matakasan
ng sinumang makapatay ng isang tao nang hindi sinasadya.
16 Subalit kung hinampas ng isang akusadong tao ang
kaniyang biktima gamit ang isang kasangkapang bakal, at
kung mamamatay ang kaniyang biktima, ang akusado ay
tunay ngang isang mamamatay-tao. Dapat tiyakin siyang
patayin. 17 Kung hinampas ng isang akusadong tao ang
kaniyang biktima gamit ang isang bato sa kanyang kamay
na maaaring makapatay sa biktima, at kung mamamatay
ang kaniyang biktima, ang akusado ay tunay ngang isang
mamamatay-tao. Dapat tiyakin siyang patayin. 18 Kung
hinampas ng isang akusadong tao ang kaniyang biktima
gamit ang isang sandatang kahoy na maaaring makapatay
sa biktima, at kung mamamatay ang biktima, ang akusado

ay tunay ngang isang mamamatay-tao. Dapat tiyakin siyang
patayin. 19 Ang kadugong tagapaghiganti ay maaari niyang
patayin ang isang mamamatay-tao. Kapag makatagpo siya,
maaari niyang patayin. 20 At kung pagbuhatan ng kamay ng
isang akusadong tao ang sinuman sa galit o maghagis ng
isang bagay sa kaniya, habang nagtatago upang tambangan
siya, para mamatay ang biktima, 21 o kung hinampas siya
sa galit gamit ang kaniyang kamay upang mamatay ang
biktima, ang akusadong humampas sa kaniya ay tiyak na
papatayin. Isang siyang mamamatay-tao. Ang kadugong
tagapaghiganti ay maaaring patayin ang mamamatay-tao
kapag siya ay makasalubong niya. 22 Subalit kung biglang
pinalo ng isang akusadong tao ang isang biktima nang
walang galit o maghagis ng isang bagay na makatama sa
biktima nang hindi inaasahan 23 o kung maghahagis ng
bato na makakapatay sa isang biktima nang hindi nakikita
ang biktima, ang akusado ay hindi kaaway ng biktima, hindi
niya sinasadyang saktan ang biktima. Gayon pa man, kung
mamamatay ang biktima, 24 sa ganoong kalagayan, dapat
maghusga ang sambayanan sa pagitan ng inaakusahan
at ng kadugong tagapaghiganti sa batayan ng mga batas
na ito. 25 Dapat iligtas ng sambayanan ang inaakusahan
mula sa kapangyarihan ng kadugong tagapaghiganti. Dapat
ibalik ng sambayanan ang inaakusahan sa lungsod ng
kublihan kung saan siya dating tumakas. Dapat siyang
mamuhay doon hanggang sa mamatay ang kasalukuyang
pinakapunong pari, ang siyang pinahiran ng banal na langis.
26 Subalit kung pumunta ang akusadong tao sa anumang
oras sa lampas ng hangganan ng lungsod ng kublihan kung
saan siya tumakas, 27 at kung makita siya ng kadugong
tagapaghiganti sa labas ng hangganan ng kaniyang lungsod
ng kublihan, at kung mapatay niya ang akusadong tao,
ang kadugong tagapaghiganti ay hindi magkakasala ng
pagpatay. 28 Ito ay dahil ang akusadong tao ay dapat
nanatili sa kaniyang lungsod ng kublihan hanggang sa
mamatay ang pinakapunong pari. Pagkatapos ng kamatayan
ng pinakapunong pari, ang akusadong tao ay maaaring
bumalik sa lupain kung saan ang kaniyang sariling ari-arian.
29 Ang mga batas na ito ay dapat maging mga kautusan
para sa inyo sa buong salinlahi ng mga tao sa lahat ng lugar
kung saan kayo nakatira. 30 Kung sinuman ang pumatay ng
sinumang tao, dapat patayin ang mamamatay-tao, ayon sa
patotoo sa pamamagitan ng mga salita ng mga saksi. Ngunit
ang salita ng isang saksi lamang ay hindi magdudulot sa
sinumang tao upang patayin. 31 Gayundin, dapat huwag
kayong tumanggap ng pantubos para sa buhay ng isang
mamamatay-tao na nagkasala ng pagpatay. Dapat tiyakin
siyang patayin. 32 At dapat huwag kayong tumanggap
ng pantubos para sa isang tumakas papunta sa lungsod
ng kublihan. Dapat huwag ninyong gagawin ang ganitong
pamamaraan, pahintulutan siyang tumira sa kaniyang sariling
ari-arian hanggang sa mamatay ang pinakapunong pari.
33 Huwag ninyong dumihan sa ganitong pamamaraan ang
lupain kung saan kayo namumuhay, dahil ang dugo mula
sa pinatay ay dinudumihan ang lupain. Walang pambayad
kasalanan ang maaaring gawin sa lupain kapag ang dugo ay
dumanak dito, maliban sa pamamagitan ng dugo ng isang
dumanak dito. 34 Kaya dapat huwag ninyong dungisan ang
lupaing inyong pinamumuhayan dahil ako ay namumuhay
dito. Akong si Yahweh ay namumuhay kasama ng mga tao
ng Israel.'"

**36** Pagkatapos, ang mga pinuno ng mga pamilya ng
kanilang ninuno sa angkan na itinatag ni Galaad na
anak ni Maquir na anak ni Manases—ang mga pinuno ng
mga angkan ng mga kaapu-apuhan ni Jose ay lumapit at
nagasalita sa harap ni Moises at sa harap ng mga pinunong
pangulo ng mga pamilya ng mga ninuno ng mga tao ng
Israel. 2 Sinabi nila, "Inutusan ka ni Yahweh, aming amo,
na bigyan mo ng kabahagi ng lupa ang mga tao ng Israel
sa pamamagitan ng palabunutan. Inutusan ka ni Yahweh
na ibigay ang kabahagi ng kapatid naming si Zelofehad sa
kaniyang mga anak na babae. 3 Subalit kung mag-aasawa
ang kaniyang mga anak na babae ng mga lalaki sa ibang
tribu ng mga tao ng Israel, aalisin ang kabahagi ng lupa
nila mula sa kabahagi ng aming mga ninuno. Idaragdag ito
sa kabahagi ng mga tribu na sinalihan nila. Sa ganitong
usapin, aalisin ito sa itinakdang kabahagi ng aming mana. 4
Sa pagkakataong iyon, kapag dumating ang Paglaya ng
mga tao ng Israel, ang kabahagi nila ay masasama sa
kabahagi ng tribung sinalihan nila. Sa ganitong paraan,
ibabawas ang kabahagi nila mula sa kabahagi ng tribu ng
aming mga ninuno." 5 Kaya nagbigay si Moises ng isang
utos sa mga tao ng Israel, ayon sa salita ni Yahweh. Sinabi
niya, "Tama ang sinabi ng tribu ng mga kaapu-apuhan
ni Jose. 6 Ito ang inuutos ni Yahweh patungkol sa mga
anak na babae ni Zelofehad. Sinabi niya, 'Hayaan silang
magpakasal sa sinumang inaakala nilang pinakamabuti,
subalit dapat lamang silang magpakasal sa loob ng lipi ng
kanilang ama.' 7 Walang kabahagi ng mga tao ng Israel
ang dapat lumipat mula sa isang tribu tungo sa iba. Dapat
magpatuloy ang bawat isa sa mga tao ng Israel sa kabahagi
ng tribu ng kaniyang mga ninuno. 8 Bawat babae sa mga
tao ng Israel na nagmamay-ari ng kabahagi sa kaniyang
tribu ay dapat mag-asawa mula sa angkang nabibilang sa
tribu ng kaniyang ama. Ito ay upang bawat isa sa mga
tao ng Israel ay magmay-ari ng pamana mula sa mga
ninuno niya. 9 Walang kabahagi ang dapat magpalipat-
lipat mula sa isang tribu tungo sa iba. Bawat isa sa mga

tribu ng mga tao ng Israel ay dapat panatilihin ang kaniyang
sariling mana." 10 Kaya ginawa ng mga anak na babae
ni Zelofehad ang gaya ng inutos ni Yahweh kay Moises.
11 Sina Mahla, Tirza, Hogla, Milca, at Noe, mga anak na
babae ni Zelopfehad ay nag-asawa ng mga kaapu-apuhan ni
Manases. 12 Nagsipag-asawa sila sa mga angkan ng mga
kaapu-apuhan ni Manases na anak ni Jose. Sa ganitong
paraan, mananatili ang mga mana nila sa tribu na nabibilang
sa angkan ng kanilang ama. 13 Ito ang mga utos at kautusan
na ibinigay ni Yahweh kay Moises para sa mga tao ng Israel
sa kapatagan ng Moab sa tabi ng Jordan sa Jerico.

# Deuteronomio

1 Ito ang mga salita na sinabi ni Moises sa lahat ng
mga Israelita sa ibayo ng Jordan sa ilang, sa patag
na lambak ng Ilog Jordan sa tapat ng Suf, sa pagitan ng
Paran, Tofel, Laban, Hazerot at Di Zahab. 2 Ito ay labing
isang araw na paglalakbay mula sa Horeb sa daanan sa
Bundok ng Seir hanggang sa Kades Barnea. 3 Nangyari ito
nang ikaapatnapung taon, ng ikalabing isang buwan, sa
unang araw ng buwan, na nagsalita si Moises sa bayan
ng Israel, sinasabi sa kanila ang lahat ng iniutos sa kaniya
ni Yahweh na ukol sa kanila. 4 Ito ay matapos lusubin ni
Yahweh si Sihon na hari ng mga Amoreo, na nakatira sa
Hesbon at Og na hari ng Bashan, na nakatira sa Astarot at
Edrei. 5 Sa ibayo ng Jordan, sa lupain ng Moab, sinimulang
ihayag ni Moises ang mga tagubiling ito, na nagsasabing,
6 “Nagsalita sa atin si Yahweh na ating Diyos sa Horeb,
na nagsasabing, 'Namuhay na kayo ng sapat na haba sa
maburol na bansang ito. 7 Umikot at maglakbay kayo at
pumunta sa maburol na bansa ng mga Amoreo at sa lahat
ng mga lugar na malapit doon sa patag na lambak ng Ilog
Jordan, sa maburol na bansa, sa mababang lupain, sa
Negev at sa baybayin—sa lupain ng mga Cananeo, at sa
Lebanon hanggang sa malaking ilog ng Eufrates. 8 Masdan
ito, inilagay ko ang lupain sa harapan ninyo; pumaroon at
angkinin ang lupaing ipinangako ni Yahweh sa inyong mga
ama—kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob—para ibigay
sa kanila at sa kanilang mga kaapu-apuhang susunod sa
kanila.' 9 Nagsalita ako sa inyo nang panahong iyon, na
nagsasabing, 'Hindi ko kayang dalhin kayo ng mag-isa. 10
Pinarami kayo ni Yahweh na inyong Diyos, masdan ninyo,
sa araw na ito kayo ay gaya ng mga bituin sa langit sa
dami. 11 Nawa'y si Yahweh, ang Diyos ng inyong mga
ama, ay gawin kayong makalibo pa sa dami ninyo ngayon
at pagpalain kayo, gaya ng ipinangako niya sa inyo! 12
Pero paano ko dadalhing mag-isa ang inyong mga pasanin,
inyong mga kabigatan at ang inyong mga pagtatalo? 13
Kumuha ng mga lalaking matalino, mapag-unawang mga
lalaki at mga lalaking may magandang kalooban mula sa
bawat lipi at gagawin ko silang mga pangulo ninyo.' 14
Sinagot ninyo ako at sinabing, 'Ang bagay na iyong sinabi ay
mabuti naming gawin.' 15 Kaya kinuha ko ang mga pinuno
ng inyong mga lipi, mga matatalinong lalaki at mga lalaking
may magandang kalooban at ginawa silang mga pinuno
ninyo, mga punong kawal ng libu-libo, mga punong kawal
ng daan-daan, mga punong kawal ng lima-limampu, mga
punong kawal ng sampu-sampu at mga pinuno, lipi sa lipi.
16 Inutusan ko ang inyong mga hukom nang panahong
iyon, na nagsasabing, 'pakinggan ninyo ang mga pagtatalo
sa pagitan ng inyong mga kapatid, at hatulan ng matuwid
ang pagitan ng isang lalaki at kaniyang kapatid, at ang
dayuhang kasama niya. 17 Hindi kayo magpapakita ng
pagtatangi sa sinumang nasa isang pagtatalo, maririnig
ninyo ng magkatulad ang maliit at malaking bagay. Hindi
dapat kayo matakot sa mukha ng tao, dahil ang kahatulan ay
sa Diyos. Ang pagtatalo na sobrang mahirap para sa inyo,
dadalhin ninyo ito sa akin at pakikinggan ko ito.' 18 Iniutos ko
sa inyo ng panahong iyon ang lahat ng mga bagay na dapat
ninyong gawin. 19 Naglakbay tayo palayo mula sa Horeb at
dumaan sa malawak at kakila-kilabot na ilang na inyong
nakita, sa ating daan patungo sa maburol na bansa ng mga
Amoreo, gaya ng iniutos ni Yahweh na ating Diyos sa atin;
at tayo ay dumating sa Kades Barnea. 20 Sinabi ko sa inyo,
'Narating na ninyo ang maburol na bansa ng mga Amoreo,
na ibinibigay sa atin ni Yahweh na ating Diyos. 21 Masdan,
itinakda ni Yahweh na inyong Diyos ang lupain sa inyong
harapan; umakyat kayo, at angkinin ito, gaya ng sinabi ni
Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ama, huwag matakot, ni
panghinaan ng loob.' 22 Lumapit sa akin sa akin ang bawat
isa sa inyo at sinabing, 'Magpadala tayo ng mga lalaki na
mauna sa atin, para kanilang siyasatin ang lupaing para
sa atin, at ipagbigay alam sa atin ang tungkol sa daan na
dapat nating lusubin, at ang tungkol sa mga lungsod kung
saan tayo pupunta.' 23 Ang bagay na labis na nagpalugod
sa akin; kumuha ako ng labindalawang mga lalaki sa inyo,
isang lalaki sa bawat lipi. 24 Umikot at umakyat sila patungo
sa maburol na bansa at dumating sa lambak ng Escol at
sinuri ito. 25 Kumuha sila ng ilan sa mga bunga ng lupain sa
kanilang mga kamay at ibinaba nila ito sa atin. Dinala din nila
sa atin ang salita at sinabing, 'Ito ay isang magandang lupain
na ibinibigay sa atin ni Yahweh na ating Diyos.' 26 Pero
tumanggi parin kayong lumusob, pero nagrebelde laban sa
mga utos ni Yahweh na inyong Diyos. 27 Nagreklamo kayo
sa inyong mga tolda at sinabing, “Ito ay dahil napopoot sa
atin si Yahweh kaya dinala niya tayo palabas sa lupain ng
Ehipto, para talunin tayo sa pamamagitan ng kapangyarihan
ng mga Amoreo, at para sirain tayo. 28 Saan tayo maaaring
pumunta ngayon? Pinanghinaan tayo ng loob ng ating mga
kapatid, na nagsasabing, 'Ang mga taong iyon ay malalaki
at matataas kaysa sa atin; ang kanilang mga lungsod ay
malaki at pinagtibay hanggang kalangitan; higit pa rito,
nakita natin doon ang mga anak na lalaki ng Anakim.' 29
Pagkatapos sinabi ko sa inyo, 'Huwag matakot, ni matakot
sa kanila. 30 Si Yahweh na inyong Diyos na nanguna sa
inyo, siya ay makikipaglaban para sa inyo, tulad ng lahat
ng bagay na ginawa niya sa inyo sa Ehipto sa harap ng
inyong mga mata, 31 at gayundin sa ilang, kung saan
nakita ninyo kung paano kayo dinala ni Yahweh na inyong

Diyos, na gaya ng isang lalaking na daladala ang kaniyang
anak, kahit saan kayo pumunta hanggang sa dumating
kayo sa lugar na ito.' **32** Pero sa bagay na ito hindi kayo
naniwala kay Yahweh na inyong Diyos— **33** na nanguna
sa inyo sa daan para maghanap ng mga lugar para itayo
ang inyong tolda, at ng apoy sa gabi at ulap sa umaga,
para ituro sa inyo ang landas na dapat ninyong daanan. **34**
Narinig ni Yahweh ang tinig ng inyong mga salita at ito ay
galit, nangako siya at sinabi, **35** 'Tunay na walang isa sa
mga taong ito ang masamang salinlahing ito na makakakita
ng magandang lupain na aking ipinangako na ibibigay sa
inyong mga ninuno, **36** maliban kay Caleb na anak na
lalaki ni Jefune; makikita niya ito. Sa kanya ko ibibigay ang
lupain na kanyang tinungtungan at sa kanyang mga anak,
dahil lubos siyang sumunod kay Yahweh.' **37** Gayundin si
Yahweh ay galit sa akin para sa inyong mga kapakanan, na
nagsasabing, 'Ikaw man ay hindi papasok doon; **38** si Josue
na anak na lalaki ni Nun, na nakatayo sa harap mo bilang
iyong lingkod, ay siyang makakapasok doon; palakasin
ang kaniyang kalooban, sapagkat pamumunuan niya ang
Israel at mamanahin ito. **39** Bukod dito, ang inyong mga
maliliit na bata, na inyong sinasabing magiging mga biktima,
na sa araw na ito ay walang kaalaman sa kung ano ang
mabuti at masama—sila ay makakapasok doon. Ibibigay
ko ito sa kanila at sila ang aangkin nito. **40** Pero para sa
inyo, bumalik at maglakbay kayo sa ilang na patungo sa
Dagat ng mga Tambo.' **41** Pagkatapos kayo ay sumagot at
sinabi sa akin, 'Nagkasala tayo laban kay Yahweh; aakyat
tayo at makipaglaban at susundin natin ang lahat ng iniutos
ni Yahweh na ating Diyos.' Bawat lalaki sa inyo ay ilagay
ang kaniyang mga sandatang pandigma at tayo'y handa
para lusubin ang maburol na bansa. **42** Sinabi sa akin ni
Yahweh, 'Sabihin sa kanila, "Huwag lumusob at huwag
makipaglaban, dahil hindi ninyo ako makakasama at kayo
ay matatalo ng inyong mga kaaway.' **43** Nagsalita ako sa
inyo sa ganitong paraan, pero hindi kayo nakinig. Kayo ay
sumuway laban sa mga utos ni Yahweh; kayo ay mayabang
at nilusob ang maburol na bansa. **44** Pero ang mga Amoreo,
na nakatira sa maburol na bansa ay dumating laban sa inyo
at hinabol kayo tulad ng mga bubuyog at tinalo kayo sa Seir,
hanggang sa Horma. **45** Bumalik kayo at umiyak sa harapan
ni Yahweh; pero hindi dininig ni Yahweh ang inyong tinig, ni
hindi niya kayo binigyang pansin. **46** Kaya nanirahan kayo
ng maraming araw sa Kadesh, ang lahat ng mga araw na
kayo ay nanatili doon.

**2** Pagkatapos lumiko kami at naglakbay papunta sa ilang
sa daan na patungo sa Dagat ng mga Tambo, gaya ng
sinabi ni Yahweh sa akin; umikot tayo sa Bundok ng Seir sa
loob ng maraming araw. **2** Nagsalita sa akin si Yahweh,
at sinabing, **3** "Kayo ay matagal nang nagpapaikut-ikot sa
bundok na ito; pumunta kayo pahilaga. **4** Utusan ang mga
tao, sa pagsasabing, "Kayo ay dadaan sa hangganan ng
lupain ng inyong mga kapatid, sa mga kaapu-apuhan ni
Esau, na naninirahan sa Seir; sila ay matatakot sa inyo. Kaya
mag-iingat na **5** huwag kayong makikipag-away sa kanila,
dahil hindi ko ibibigay ang anumang lupain nila sa inyo,
hindi, ni hindi sapat sa lupa na tumapak ang inyong paa;
dahil ibinigay ko ang Bundok ng Seir kay Esau bilang isang
pag-aari. **6** Kayo ay bibili sa kanila ng pagkain para sa pera,
para kayo ay makakain; bibili rin kayo sa kanila ng tubig
para sa pera, para makainom kayo. **7** Dahil pinagpala kayo
ni Yahweh na inyong Diyos sa lahat ng gagawin ng inyong
kamay; alam niya ang inyong paglalakbay sa malawak na
ilang na ito. Dahil sa loob ng apatnapung mga taon na ito si
Yahweh na inyong Diyos ay kasama ninyo, at hindi kayo
nagkulang sa anumang bagay."' **8** Kaya tayo ay dumaan
sa ating mga kapatid, ang mga kaapu-apuhan ni Esau, na
naninirahan sa Seir, malayo mula sa daan ng Araba, mula
sa Elat at mula sa Ezion Geber. At tayo ay lumiko at dumaan
sa ilang ng Moab. **9** Sinabi sa akin ni Yahweh, "Huwag
ninyong guguluhin ang Moab, at huwag kayong makikipag-
away sa kanila sa labanan. Dahil hindi ko ibibibay ang
kaniyang lupain sa inyo para inyong pag-arian, dahil ibinigay
ko ang Ar sa mga kaapu-apuhan ni Lot, para sa kanilang
pag-aari." **10** (Ang Emim ang dating nanirahan doon, isang
lahing kasindakila gaya ng karamihan, at kasintaas gaya ng
Anakim; **11** ang mga ito ay itinuring din bilang Refaim, tulad
ng Anakim; pero tinawag silang Emim ng mga Moabita. **12**
Ang mga taga-Hor ay dati ring naninirahan sa Seir, pero ang
mga kaapu-apuhan ni Esau ang pumalit sa kanila. Sila ay
pinuksa nila mula sa kanila at nanirahan sa kanilang lugar,
gaya ng ginawa ng Israel sa lupain na kaniyang pag-aari
na binigay ni Yahweh sa kanila.) **13** "'Ngayon tumayo ka at
pumunta sa batis ng Zered,' Kaya nagpunta tayo sa batis ng
Zered. **14** Ngayon ang mga araw mula ng dumating tayo sa
Kadesh Barnea hanggang tayo ay makatawid sa batis ng
Zered, ay tatlumpu't-walong taon. Ito ay ang mga panahon
na ang lahat ng salinlahi ng mga kalalakihan na angkop
sa pakikipag-digma ay pumanaw mula sa mga tao, gaya
ng ipinangako ni Yahweh sa kanila. **15** Higit pa rito, ang
kamay ni Yahweh ay laban sa salinlahing iyan para sila ay
puksain mula sa mga tao hanggang sila ay mawala. **16**
Kaya nangyari ito, nang ang lahat ng mga kalalakihan na
akma sa pakikipag-digma ay namatay at nawala mula sa
mga tao, **17** na sinabi ni Yahweh sa akin, **18** 'Dadaan kayo
ngayon sa Ar, ang hangganan ng Moab. **19** Kapag kayo ay
papalapit sa kabila ng mga lipi ng Ammon, huwag ninyo
silang guguluhin ni huwag kayong makikipag-away sa kanila;

dahil hindi ko ibibigay sa inyo ang alinman sa mga lupain ng
mga lahi ng Ammon bilang isang pag-aari; dahil ibinigay ko
ito sa mga kaapu-apuhan ni Lot bilang isang pag-aari.'" **20**
(Itinuring din iyon na maging isang lupain ng Refaim. Ang
Refaim ay dating nanirahan doon—pero tinawag sila ng mga
Ammonita na Zamzumim— **21** isang dakilang lipi na gaya ng
karamihan, at kasintaas ng Anakim. Pero pinuksa sila ni
Yahweh sa harap ng mga Ammoneo, at sila ay pinalitan nila
at nanirahan sa kanilang lugar. **22** Gaya din ito ng ginawa
ni Yahweh para sa bayan ni Esau, na nanirahan sa Seir,
nang winasak niya ang mga Horeo mula sa kanila, ang
mga kaapu-apuhan ni Esau ang pumalit sa kanila at sila
ay nanirahan sa kanilang lugar hanggang ngayon. **23** At
ang taga-Awim, na nanirahan sa mga nayon hanggang sa
layo ng Gaza—ang taga-Caftor na lumabas sa Caftor, ay
winasak sila at nanirahan sa kanilang lugar.) **24** "'Ngayon
tumayo kayo, magpatuloy sa inyong paglalakbay, at tumawid
sa lambak ng Arnon; tingnan ninyo, ibinigay ko sa inyong
kamay si Sihon ang Amoreo, ang hari ng Hesbon, at ang
kaniyang lupain. Simulang sakupin ito, at makipaglaban
kayo sa kaniya sa labanan. **25** Ngayon uumpisahan kong
lagyan ng takot at sindak sa inyo ang mga tao na nasa
ilalim ng buong kalangitan; maririnig nila ang mga balita
tungkol sa inyo at manginginig at magdadalamhati dahil
sa inyo.' **26** Nagpadala ako ng mga mensahero mula sa
ilang ng Kedemot kay Sihon, ang hari ng Hesbon, ng may
salita ng kapayapaan, na nagsasabing, **27** 'Hayaan mo na
dumaan ako sa iyong lupain; dadaan ako sa malapad na
daan; hindi ako liliko ni hindi sa bandang kanan o sa kaliwa.
**28** Magbebenta ka sa akin ng pagkain para sa pera, para
ako ay makakain; bigyan mo ako ng tubig para sa pera, para
ako ay makainom; paraanin mo lang ako gamit ng aking
mga paa; **29** gaya ng ginawa para sa akin ng mga kaapu-
apuhan ni Esau na naninirahan sa Seir, at sa mga Moabita
na nanirahan sa Ar, hanggang sa ako ay makalagpas sa
Jordan sa lupaing ibinibigay sa amin ni Yahweh na ating
Diyos.' **30** Pero si Sihon, ang hari ng Hesbon, ay hindi
kami hinayaang makalagpas sa kaniya; dahil si Yahweh na
inyong Diyos ay pinatigas ang kaniyang isipan at ginawang
matigas ang kaniyang puso, na maaari niyang matalo sila sa
pamamagitan ng inyong lakas, na ginawa niya sa araw na
ito. **31** Sinabi ni Yahweh sa akin, 'Tingnan mo, Sinimulan ko
na ibigay si Sihon at ang kaniyang lupain sa inyong harapan;
simulan ninyong pag-arian ito, nang sa gayon maari ninyong
manahin ang kaniyang lupain.' **32** Pagkatapos nakipaglaban
si Sihon sa atin, siya at lahat ng kaniyang mga tao, para
makipaglaban sa Jahaz. **33** Si Yahweh na ating Diyos ay
ibinigay siya sa atin at tinalo natin siya; hinampas natin siya
hanggang sa mamatay, ang kaniyang mga anak na lalaki, at
lahat ng kaniyang mamamayan. **34** Kinuha natin ang lahat
ng kaniyang mga lungsod nang oras na iyon, at winasak
natin ng ganap ang bawat lungsod na pinamumuhayan,
kasama ng mga kababaihan at mga batang maliliit, wala
tayong itinira. **35** Ang mga baka lamang na ating kinuha
bilang samsam para sa ating mga sarili, kasama ng mga
sinasamsam sa mga lungsod na ating kinuha. **36** Mula Aroer,
na nasa gilid ng lambak ng Arnon, at mula sa lungsod na
nasa lambak, patungong Galaad, walang isang lungsod
na masyadong mataas para sa atin. Si Yahweh na ating
Diyos ang siyang nagbigay sa atin ng tagumpay sa ating
mga kalaban. **37** Doon lamang sa lupain ng mga kaapu-
apuhan ni Ammon kayo hindi pumunta, pati sa lahat ng
mga gilid ng Ilog Jabbok, at mga lungsod ng maburol na
bansa—saan man tayo pinagbawalan ni Yahweh na ating
Diyos na puntahan.

**3** Pagkatapos umikot tayo at umakyat papuntang Bashan.
Si Og, ang hari ng Bashan, ay dumating at sinalakay
tayo, siya at ang lahat kaniyang mamamayan, para lumaban
sa Edrei. **2** Sinabi ni Yahweh sa akin, 'Huwag mo siyang
katakutan; dahil binigyan ko kayo ng tagumpay sa kaniya
at inilagay ang lahat ng kaniyang mga tao at kaniyang
lupain sa ilalim ng inyong pangangasiwa. Gagawin ninyo sa
kaniya ang ginawa ninyo kay Sihon, hari ng mga Amoreo, na
namuhay sa Hesbon.' **3** Kaya binigyan din tayo ni Yahweh
na ating Diyos ng tagumpay laban kay Og, at ang hari ng
Bashan, at inilagay ang lahat ng kaniyang mga tao sa ilalim
ng ating pangangasiwa. At pinatay natin siya hanggang
walang ni isa sa mga tao niya ang natira. **4** Kinuha natin
ang lahat ng kaniyang mga lungsod nang panahong iyon;
walang ni isang lungsod ang hindi natin kinuha mula sa
kanila: animnapung mga lungsod—lahat ng rehiyon ng
Argob, ang kaharian ni Og sa Bashan. **5** Ito ang lahat ng
mga lungsod na pinatibay na may matataas na mga pader,
mga tarangkahan, at mga rehas; maliban pa dito ang mga
napakaraming hindi nababakuran na mga nayon. **6** Ganap
natin silang winasak, kagaya ng ginawa natin kay Sihon
hari ng Hesbon, ganap nating winasak ang bawat tinirahang
lungsod, kasama ng mga babae at mga bata. **7** Pero lahat
ng baka at mga sinamsam sa mga lungsod, ay kinuha natin
bilang samsam para sa ating mga sarili. **8** Nang panahong
iyon kinuha natin ang lupain mula sa kamay ng dalawang
hari ng mga Amoreo na nasa ibayo ng Jordan, mula sa
lambak ng Arnon hanggang sa Bundok Hermon **9** (ang
Bundok Hermon na ang tawag ng mga Sidoneo ay Sirion, at
ang mga Amoreo ay tinawag itong Senir); **10** at lahat ng mga
lungsod ng kapatagan, buong Galaad, at buong Bashan,
hanggang Salca at Edrei, mga lungsod ng kaharian ni Og sa
Bashan. **11** (Para sa mga natira sa Refaim, tanging si Og na

hari ng Bashan ang naiwan; tumingin kayo, sa kaniyang
higaan ay isang higaang bakal; hindi ba ito sa Rabba,
kung saan ang mga kaapu-apuhan ni Ammon naninirahan?
Siyam na kubito ang haba nito at apat na kubit ang lawak,
sa paraan ng pag-sukat ng mga tao.) **12** Ang lupaing ito
na ating kinuhang pag-aari nang panahong iyon—mula sa
Aroer, na nasa lambak ng Arnon, at kalahati ng burol na
bayan ng Galaad, at mga lungsod nito—ibinigay ko sa lipi ni
Ruben at sa lipi ni Gad. **13** Ang ibang lupain sa Galaad at
lahat ng Bashan, ang kaharian ni Og, ibinigay ko sa kalahati
ng lipi ni Manases: lahat ng rehiyon ng Argob, at lahat ng
Bashan. (Ang parehong teritoryo ay tinawag na lupain ng
Refaim.) **14** Si Jair, kaapu-apuhan ni Manases, ay kinuha
ang lahat ng rehiyon ng Argob hanggang sa hangganan ng
lipi ng Gesureo at ng lipi ng Maacateo. Tinawag niya ang
rehiyon, kahit ang Bashan, sa kaniyang sariling pangalan,
Havvot Jair, hanggang sa araw na ito.) **15** Ibinigay ko ang
Galaad kay Maquir. **16** Sa mga lipi ni Ruben at sa lipi ni
Gad ibinigay ko ang teritoryo mula Galaad sa lambak ng
Arnon—ang kalagitnaan ng lambak ay ang hangganan ng
teritoryo—at sa Ilog Jabok, na hangganan ng mga kaapu-
apuhan ni Ammon. **17** Isa pa sa mga hangganan nito ay
ang kapatagan din ng lambak ng Ilog Jordan, mula sa
Cineret hanggang sa Dagat ng Araba (iyon ay, ang Dagat
Asin), hanggang sa mga matarik na bundok ng Pisga na
pasilangan. **18** Inutusan ko kayo nang panahong iyon, na
nagsasabing, 'Si Yahweh na inyong Diyos ay ibinigay sa
inyo ang lupaing ito para angkinin ito; kayo, lahat ng tao
ng digmaan, ay dadaan sa ilalim ng armado sa harapan
ng inyong mga kapatid, ang bayan ng Israel. **19** Pero ang
inyong mga asawa, mga maliliit na anak, at mga baka (alam
ko na mayroon kayong maraming baka), ay mananatili sa
lungsod na ibinigay ko sa inyo, **20** hanggang si Yahweh ay
magbigay ng kapahingahan sa inyong mga kapatid, gaya ng
ginawa niya sa inyo, hanggang sa maging pag-aari na din
nila ang lupain na ibibigay sa kanila ni Yahweh na inyong
Diyos sa ibayo ng Jordan; pagkatapos ay babalik kayo,
bawat isa sa inyo, sa mga sarili ninyong pag-aari na ibinigay
ko sa inyo.' **21** Inutusan ko si Josue nang panahong iyon
sa pagsasabing, 'Nakita ng inyong mga mata ang lahat ng
nagawa ni Yahweh na inyong Diyos sa dalawang haring ito;
Gagawin ni Yahweh ang katulad sa lahat ng mga kaharian
kung saan kayo pupunta. **22** Hindi ninyo sila katatakutan,
dahil si Yahweh na inyong Diyos ang siyang lalaban para sa
inyo.' **23** Pinakiusapan ko si Yahweh nang panahong iyon sa
pagsasabing, **24** 'O Panginoong Yahweh, sinimulan mong
ipakita sa iyong lingkod ang iyong kadakilaan at malakas
mong kamay; anong diyos ba ang nasa langit o nasa lupa
ang makakagawa ng katulad ng mga ginawa mo, at katulad
ng matitinding mga gawa? **25** Hayaan mo akong makapunta,
nagmamakaawa ako, at makita ang masaganang lupain na
nasa ibayo ng Jordan, iyong masaganang burol na bansa, at
pati na rin ang Lebanon.' **26** Pero galit sa akin si Yahweh
dahil sa inyo; hindi siya nakinig sa akin. Sinabi ni Yahweh sa
akin, 'Hayaang maging sapat ito para sa iyo—huwag nang
magsalita sa akin tungkol sa bagay na ito: **27** umakyat ka sa
itaas ng Pisga at ituon ang iyong mga mata pakanluran,
pahilaga, patimog, at pasilangan; tingnan ng iyong mga
mata, dahil hindi ka makakapunta sa Jordan. **28** Sa halip,
atasan si Josue at palakasin ang loob at palakasin siya, dahil
pupunta siya doon kasama ng mga taong ito, at siya ang
magdudulot na mamana nila ang lupain na makikita mo.' **29**
Kaya nanatili kami sa lambak na kasalungat ng Beth Peor.

**4** Ngayon, Israel, makinig kayo sa mga batas at mga
panuntunan na ituturo ko sa inyo, gawin ang mga ito; ng
sa gayon maaari kayong mabuhay at makapasok at angkinin
ang lupain na ibibigay sa inyo ni Yahweh, ang Diyos ng
inyong mga ama. **2** Hindi ninyo dagdagan ang mga salita na
iniutos ko sa inyo, ni bawasan ang mga ito, sa gayon maaari
ninyong sundin ang tungkol sa mga kautusan ni Yahweh na
inyong Diyos na iniutos ko sa inyo **3** Nakita ng inyong mga
mata kung ano ang ginawa ni Yahweh dahil sa Baal Peor;
dahil lahat ng mga tao na sumunod kay Baal Peor, winasak
sila ni Yahweh na inyong Diyos mula sa inyo. **4** Pero kayong
kumapit kay Yahweh na inyong Diyos ay buhay sa araw na
ito, bawat isa sa inyo. **5** Tingnan ninyo, tinuro ko sa inyo
ang mga batas at panuntunan, gaya ng iniutos ni Yahweh
na aking Diyos, na dapat ninyong gawin sa kalagitnaan ng
lupain kung saan kayo patungo para maangkin ninyo ito. **6**
Kaya panatilihin at gawin ang mga ito; dahil ito ay inyong
karunungan at inyong kaunawaan sa paningin ng mga tao
na makakarinig ng tungkol sa lahat ng mga kautusang ito
at sabihin, 'Siguradong itong napakalaking bansa ay isang
matalino at may kaunawaang mga tao.' **7** Dahil ano pang
napakalaking bansa na mayroong isang diyos na malapit sa
kanila, gaya ni Yahweh na ating Diyos na kapag siya ay
ating tatawagin? **8** Anong napakalaking bansa na mayroong
mga batas at mga panuntunan na napakatuwid gaya ng
lahat nitong batas na aking itinatatag sa harapan ninyo sa
araw na ito? **9** Bigyang pansin lamang at bantayang maigi
ang inyong sarili, nang sa gayon ay hindi ninyo malimutan
ang mga bagay na nakita ng inyong mga mata, nang sa
gayon hindi mawala sa inyong puso ang mga ito sa bawat
araw ng inyong buhay. Sa halip, ipaalam ang mga ito sa
inyong mga anak at sa kanilang magiging mga anak— **10**
sa araw na kayo ay tumayo sa harapan ni Yahweh na
inyong Diyos sa Horeb, nang sinabi sa akin ni Yahweh,
'Tipunin mo ang mamamayan, at ipaparinig ko sa kanila ang

aking mga salita, na maaaring nilang matutunang matakot
sa akin sa lahat ng mga araw na sila ay nabubuhay sa
mundo, at nang ito ay maaari nilang ituro sa kanilang mga
anak.' 11 Lumapit kayo at tumayo sa paanan ng bundok.
Ang bundok ay nagniningas sa apoy hanggang sa puso ng
langit, na may kadiliman, ulap, at makapal na kadiliman. 12
Nagsalita si Yahweh sa inyo sa kalagitnaan ng apoy; narinig
ninyo ang kaniyang boses na may mga salita, pero wala
kayong nakitang anyo; boses lamang ang narining ninyo. 13
Ipinahayag niya sa inyo ang kaniyang tipan na kaniyang
iniutos sa inyo na inyong gampanan, ang Sampung Utos.
Sinulat niya ang mga ito sa dalawang tipak na bato. 14
Inutos sa akin ni Yahweh nang panahong iyon para ituro
sa inyo ang mga batas at mga ordenansa, para maaari
niyong magawa ito sa lupain kung saan kayo pupunta para
angkinin ito. 15 Kaya maging maingat sa inyong mga sarili,
dahil wala kayong nakitang anumang anyo nang araw na
iyon na nagsalita si Yahweh sa Horeb sa kalagitnaan ng
apoy. 16 Mag-ingat na huwag pasamain ang inyong mga
sarili at gumawa ng isang inukit na anyo na kahawig ng
anumang nilalang, na anyo ng isang lalaki o isang babae, 17
o ang kahawig ng anumang hayop na nasa ibabaw ng lupa,
o ang kahawig ng anumang ibong may pakpak na lumilipad
sa kalangitan, 18 o ang kahawig sa anumang bagay na
gumagapang sa ibabaw ng lupa, o ang kahawig ng anumang
isda na nasa tubig sa ilalim ng mundo. 19 Maging maingat
kayo kapag titingala kayo sa kalangitan at titingnan sa araw,
buwan, o mga bituin—lahat ng mga hukbo sa kalangitan—
maging maingat kayo na hindi mapalayo para sumamba
at pakamahalin ang mga ito—ang mga bagay na iyon na
itinalaga ni Yahweh na inyong Diyos doon para sa lahat
ng mga tao na nasa ilalim ng buong himpapawid. 20 Pero
kinuha kayo ni Yahweh at dinala kayo palabas sa pugon
na bakal, palabas ng Ehipto, para maging mga tao niya sa
kaniyang sariling pamana, gaya ninyo sa araw na ito. 21
Bukod pa dito, galit sa akin si Yahweh dahil sa inyo; nangako
siyang hindi ako makapunta sa ibayo ng Jordan, at hindi
ako dapat pumunta sa loob ng masaganang lupaing iyon,
ang lupain na ibinibigay ni Yahweh na inyong Diyos sa inyo
bilang isang pamana. 22 Sa halip, dapat akong mamatay sa
lupaing ito; Hindi dapat ako pumunta sa ibayo ng Jordan;
pero kayo ay makakapunta at maaangkin ang masaganang
lupaing iyon. 23 Bigyan ninyo ng pansin ang inyong mga
sarili, nang sa gayon hindi ninyo makalimutan ang tipan ni
Yahweh na inyong Diyos, na ginawa niya sa inyo, at ang
pagggawa ng diyus-diyosan sa anyo ng anumang bagay
na ipinagbabawal ni Yahweh na inyong Diyos na inyong
gawin. 24 Dahil si Yahweh na inyong Diyos ay isang apoy
na lumalamon, isang selosong Diyos. 25 Kapag kayo ay
nagkaanak at ang mga anak ng inyong mga anak, at kapag
kayo ay naroon na sa lupain sa mahabang panahon, at kung
naging masama kayo at gumawa ng isang inukit na hugis
sa anyo ng anumang bagay, at gumawa ng kung ano ang
masama sa paningin ni Yahweh na inyong Diyos, para galitin
siya— 26 tatawagin ko ang langit at lupa para maging saksi
laban sa inyo sa araw na ito para kayo ay mamamatay sa
madaling panahon mula sa lupain na inyong pupuntahan sa
ibayo ng Jordan para angkinin; Hindi ninyo mapapahaba ang
inyong mga araw sa loob nito, pero kayo ay ganap niyang
wawasakin. 27 Ikakalat kayo ni Yahweh sa mga tao, at
magiging kunti na lamang ang matitira sainyo sa mga bansa,
kung saan si Yahweh ay pangungunahan kayo papalayo. 28
Doon kayo ay maglilingkod sa ibang mga diyos, ang gawa
ng mga kamay ng tao, kahoy at bato, kung saan alinma'y
hindi nakakakita, nakakarinig, nakakakain, ni nakakaamoy.
29 Pero mula doon hahanapin ninyo si Yahweh na inyong
Diyos, at matatagpuan ninyo siya, kapag hinanap ninyo
siya ng inyong buong puso at ng inyong buong kaluluwa.
30 Kapag kayo ay nababalisa, at kapag ang lahat ng mga
bagay na ito ay dumating sa inyo, sa mga darating na araw
na iyon kayo ay babalik kay Yahweh na inyong Diyos at
makinig sa kaniyang boses. 31 Dahil si Yahweh na inyong
Diyos ay isang maawaing Diyos; hindi niya kayo bibiguin ni
wawasakin, ni hindi kakalimutan ang tipan ng inyong mga
ama na ipinangako niya sa kanila. 32 Itanong ngayon ang
tungkol sa mga araw na nakaraan, na nauna sa inyo: mula
noong araw na nilikha ng Diyos ang tao sa lupa, at mula sa
dulo ng langit patungo sa kabila, itanong kung nagkaroon
na ba ng anumang bagay na katulad nitong napakalaking
bagay, o mayroong bang bagay tulad nito ang narinig? 33
Narinig na ba ng mga tao ang boses ng Diyos na nagsasalita
mula sa kalagitnaan ng apoy, na gaya ng narinig ninyo, at
nanatiling buhay? 34 O ang Diyos ba ay tinangkang pumunta
at kunin ang isang bansa mula sa kalagitnaan ng ibang
bansa, sa pamamagitan ng mga pagsubok, sa pamamagitan
ng mga tanda, at sa pamamagitan ng mga kababalaghan, at
sa pamamagitan ng digmaan, at sa pamamagitan ng isang
napakalakas na kamay, at sa pamamagitan ng sa isang
pagpapakita ng dakilang kapangyarihan, at sa pamamagitan
ng matinding mga pananakot, gaya ng lahat ng ginawa
ni Yahweh na inyong Diyos para sa inyo sa Ehipto sa
harapan ng inyong mga mata? 35 Sa inyo ipinakita ang
mga bagay na ito, para malaman ninyo na si Yahweh ay
Diyos, at walang iba pa maliban sa kaniya. 36 Mula sa langit
ginawa niyang iparinig ang kaniyang boses, nang sa gayon
ay maaari niya kayong turuan; sa mundo ginawa niyang
makita ninyo ang kaniyang malaking apoy; narinig ninyo
ang kaniyang mga salita sa kalagitnaan ng apoy. 37 Dahil

minahal niya ang inyong mga ama, pinili niya ang kanilang
kaapu-apuhang kasunod nila, at dinala kayo palabas ng
Ehipto kasama ng kaniyang presenya, kasama ng kaniyang
dakilang kapangyarihan; **38** para mapapaalis kayo mula sa
harapan ng mga bansa na mas malaki at mas malakas
kaysa sa inyo, para dalhin kayo, para ibigay sa inyo ang
kanilang lupain bilang isang pamana, gaya sa araw na ito.
**39** Kaya alamin sa araw na ito, at ilagay ito sa inyong puso,
na si Yahweh ay Diyos sa ibabaw ng langit at sa ilalim ng
lupa; walang iba pa. **40** Susundin ninyo ang kaniyang mga
batas at ang kaniyang mga kautusan na aking iniutos sa
araw na ito, para makabuti sa inyo at sa inyong mga anak
kasunod ninyo, at nang mapahaba ninyo ang inyong mga
araw sa lupain na ibibigay ni Yahweh magpakailanman." **41**
Pagkatapos tatlong mga lungsod sa silangang bahagi ng
Jordan ang pinili ni Moises, **42** Para makatakas ang sinuman
sa isa sa mga iyon kung siya ay nakapatay ng ibang tao
ng hindi sinasadya, na hindi niya naging dating kaaway.
Sa pagtakas sa isa sa mga lungsod nito, siya ay maaaring
makaligtas. **43** Ito ay: Bezer sa ilang, bansang patag, para
sa lipi ni Ruben; Ramot sa Galaad, para sa lipi ni Gad;
Golan sa Basan, para sa lipi ni Manases. **44** Ito ang batas
na inilagay ni Moises sa harapan ng mga Israelita; **45** ito ang
mga tipan ng mga panuntunan, mga batas, at ibang mga
panuntunan na kaniyang sinabi sa mga tao sa Israel nang
sila ay nakalabas sa Ehipto, **46** nang sila ay nasa silangan
ng Jordan, sa lambak sa kabila ng Beth Peor, sa lupain ng
Sihon, hari ng mga Amoreo, na nanirahan sa Hesbon, na
tinalo ni Moises at ng mga Israelita nang sila ay lumabas sa
Ehipto. **47** Kinuha nila ang kaniyang lupain bilang isang pag-
aari, at ang lupain ni Og hari ng Bashan— ang mga ito, ang
dalawang hari sa mga Amoreo, na nasa lampas ng Jordan
patungong silangan. **48** Itong kalupaan ay nagsimula sa
Aroer, sa dulo ng lambak ng Arnon, tungo sa Bundok Sion
(o Bundok Hermon), **49** at kasali ang lahat ng kapatagan ng
Ilog lambak Jordan, patungong silangan lampas ng Jordan,
sa Dagat ng Araba, sa gulod ng Bundok Pisga.

**5** Tinawag ni Moises ang lahat ng Israelita at sinabihan sila,
"Makinig sa akin, Israel, sa mga batas at mga kautusan
na aking sasabihin sa inyong mga tainga ngayon, para pag-
aralan at panatilihin ito. **2** Gumawa si Yahweh na ating Diyos
ng isang tipan sa atin sa Horeb. **3** Hindi ginawa ni Yahweh
ang tipan na ito para sa ating mga ninuno, pero para sa atin,
sa ating lahat na nabubuhay dito ngayon. **4** Nagsalita si
Yahweh sa inyong harapan sa ibabaw ng bundok mula sa
gitna ng apoy **5** (Tumayo ako sa pagitan ni Yahweh at sa
inyo ng panahong iyon, para ihayag sa inyo ang kaniyang
salita; dahil takot kayo dahil sa apoy, at hindi kayo umakyat
sa bundok). Sinabi ni Yahweh, **6** 'Ako si Yahweh na inyong
Diyos, ang siyang nagdala sa inyo palabas sa lupain ng
Ehipto, mula sa bahay ng pagkakaalipin. **7** Hindi dapat kayo
magkaroon ng ibang mga diyos sa aking harapan. **8** Huwag
kayong gumawa ng isang inukit na larawan para sa inyong
sarili na kahintulad ng anumang bagay na nasa ibabaw ng
langit, o na nasa ilalim ng mundo, o nasa ilalim ng tubig.
**9** Huwag kayong yuyukod sa kanila o paglingkuran sila,
sapagkat ako, si Yahweh, na inyong Diyos, ako ang isang
Diyos na mapanibughuin. Parurusahan ko ang kasamaan ng
mga ninuno sa pamamagitan ng pagdadala ng kaparusahan
sa mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi ng
mga yaong napupuot sa akin, **10** at pinapakita ang tipan ng
katapatan sa mga libu-libo sa kanila na siyang nagmamahal
sa akin at sumusunod sa aking mga utos. **11** Huwag ninyong
gamitin ang pangalan ni Yahweh na inyong Diyos sa walang
kabuluhan, sapagkat hindi siya ituturing ni Yahweh na
walang kasalanan na gumagamit sa kaniyang pangalan sa
walang kabuluhan. **12** Sundin ang Araw ng Pamamahinga
para mapanatili itong banal, bilang utos ni Yahweh sa inyo.
**13** Para sa anim na araw magtatrabaho kayo at gawin
lahat ang inyong trabaho; **14** pero ang ikapitong araw ay
ang Araw ng Pamamahinga para kay Yahweh na inyong
Diyos. Sa araw na ito hindi na kayo gagawa ng anumang
trabaho, ikaw, ni inyong anak na lalaki, ni inyong anak na
babae, ni inyong lalaking tagapaglingkod, ni inyong babaeng
tagapaglingkod, ni inyong baka, ni inyong asno, ni alinman
sa inyong kawan, ni sino mang dayuhan na nasa loob ng
mga tarangkahan. Para ang iyong lalaking tagapaglingkod
at babaeng tagapaglingkod ay maaaring makapagpahinga
ganoon din kayo. **15** Isasaisip ninyo na kayo ay naging isang
lingkod sa lupain ng Ehipto, at si Yahweh na inyong Diyos
ang nagdala sa inyo palabas mula doon sa pamamagitan ng
isang malakas na kamay at sa pamamagitan ng pagpapakita
ng kapangyarihan. Kaya si Yahweh na inyong Diyos ang
nagutos sa inyo na sundin ang Araw ng Pamamahinga. **16**
Igalang ang inyong ama at inyong ina, ayon sa iniutos ni
Yahweh na inyong Diyos na gawin ninyo, para mabuhay
kayo ng mahabang panahon sa lupain na ibibigay ni Yahweh
na inyong Diyos, at para maging maayos ito para sa inyo. **17**
Huwag kayong papatay. **18** Huwag kayong mangangalunya.
**19** Huwag kayong magnakaw. **20** Huwag mabigay ng maling
testigo laban sa inyong kapit-bahay. **21** Huwag ninyong
pagnasaan ang asawa ng inyong kapit-bahay, huwag ninyong
pagnasaan ang bahay ng inyong kapit-bahay, kaniyang
bukid, o kaniyang lalaking tagapaglingkod, o kaniyang
babaeng tagapaglingkod, kaniyang baka, o kaniyang asno,
o anumang bagay na pag-aari ng inyong kapit-bahay.' **22**
Sinabi ni Yahweh ang mga salitang ito sa isang napakalakas
na boses sa buong kapulungan ninyo sa ibabaw ng bundok

mula sa gitna ng apoy, ng ulap, at sa makapal na kadiliman;
hindi na siya dumagdag ng anumang mga salita. At sinulat
niya sa dalawang tipak na bato at ibinigay ang mga ito
sa akin. **23** Nangyari ito, nang marinig ninyo ang boses
mula sa gitna ng kadiliman, habang nasusunog ang bundok,
dumating kayo sa akin—lahat ng iyong mga nakatatanda at
ang mga pinuno ng inyong mga lipi. **24** Sinabi niya, 'Tingnan
mo, ipinakita ni Yahweh na ating Diyos sa atin ang kanyang
kaluwalhatian at kaniyang kadakilaan, at ating napakinggan
ang kaniyang boses mula sa gitna ng apoy; nakita natin
ngayon na nagsasalita ang Diyos kasama ang mga tao, at
maaari silang mabuhay. **25** Pero bakit kailangan naming
mamatay? Sapagkat itong dakilang apoy ang tutupok sa
atin; kapag narinig natin ang boses ni Yahweh na ating
Diyos nang matagal, mamamatay tayong lahat. **26** Sino
pa bang tao maliban sa atin ang nakarinig sa boses ng
Diyos na buhay na nagsasalita sa gitna ng apoy at nabuhay,
katulad sa ginawa namin? **27** Para sa iyo, kailangan mong
umalis at makinig sa lahat ng bagay na sasabihin ni Yahweh
na ating Diyos; sabihing muli sa amin ang lahat ng bagay
na sinabi ni Yahweh; makikinig kami at susundin ito.' **28**
Narinig ni Yahweh ang inyong boses nang mangusap kayo
sa akin. Sinabi niya sa akin, 'Narinig ko ang mga salita ng
mga taong ito, kung ano ang kanilang sinabi sa iyo. Mabuti
ang sinabi nila sa iyo. **29** O, na ipagpatuloy nawa nila ang
ganitong puso na nasa kanila, na parangalan nila ako at
patuloy na sundin ang aking mga utos, nawa ay makabuti ito
para sa kanila at sa kanilang mga anak magpakailanman! **30**
Humayo ka at sabihin sa kanila, "Bumalik kayo sa inyong
mga tolda." **31** Pero para sa iyo, tumayo ka dito sa aking
tabi, at sasabihin ko sa iyo ang lahat ng mga utos, ang mga
batas, at ang mga panuntunan na ituturo mo sa kanila, para
kanilang sundin ang mga ito sa lupain na ibibigay ko sa
kanila para ariin.' **32** Kaya, susundin ninyo, kung ano ang
iniutos ni Yahweh na inyong Diyos; huwag kayong liliko sa
kanang kamay o sa kaliwa. **33** Maglalakad kayo sa lahat ng
kaparaanan na iniutos ni Yahweh na inyong Diyos sa inyo,
para mabuhay kayo, at para makabuti ito para sa inyo, at
nang sa ganoon hahaba ang inyong mga araw sa lupain na
inyong aariin.

**6** Ngayon ito ang mga utos, mga batas, at mga panuntunan
na iniutos sa akin ni Yahweh na inyong Diyos para ituro
sa inyo, para sundin ninyo ang mga ito sa lupain na inyong
pupuntahan sa Jordan para angkinin; **2** para maparangalan
ninyo si Yahweh na inyong Diyos, para sundin ang lahat
ng kaniyang mga batas at mga utos na ipinapagawa ko sa
inyo—kayo, inyong mga anak na lalaki, at anak na lalaki ng
inyong mga anak, sa lahat ng mga araw ng inyong mga
buhay, para ang inyong mga araw ay humaba. **3** Kaya,
makinig sa mga ito, Israel, at sundin, para makabuti ito sa
inyo, para kayo ay labis na dumami, sa lupain na dinadaluyan
ng gatas at pulot, gaya ng ipinangako ni Yahweh, ang Diyos
ng inyong mga ama, na gagawin sa inyo. **4** Makinig kayo,
Israel: Si Yahweh na ating Diyos ay iisa. **5** Mahalin ninyo si
Yahweh na inyong Diyos ng inyong buong puso, ng inyong
buong kaluluwa, at sa buo ninyong kalakasan. **6** Ang mga
salita na aking iniutos sa inyo ngayon ay nasa inyong puso;
**7** at matiyaga ninyong ituturo ang mga ito sa inyong mga
anak; pag-uusapan ninyo ang mga ito kung kayo ay nakaupo
sa inyong bahay, kapag naglalakad kayo sa daan, kapag
kayo ay nakahiga, at kapag kayo ay babangon. **8** Itali ninyo
ang mga ito bilang isang palatandaan sa inyong kamay, at
magsisilbi ang mga ito bilang gasa sa pagitan ng inyong
mga mata. **9** Isusulat ninyo ang mga ito sa mga haligi ng
pintuan ng inyong bahay at sa inyong mga tarangkahan. **10**
Kapag dadalhin kayo ni Yahweh na inyong Diyos doon sa
lupaing ipinangako niya sa inyong mga ama, kay Abraham,
kay Isaac, at kay Jacob, ibibigay niya sa inyo, ang malawak
at ang mga napakagandang lungsod na hindi ninyo itinayo,
**11** at mga bahay na puno sa lahat ng uri ng mabubuting
mga bagay na hindi mo ginawa, mga balon na hindi ninyo
hinukay, at mga ubasan at kahoy ng mga olibo na hindi ninyo
itinanim, makakakain kayo at masisiyahan— **12** pagkatapos
mag-ingat para hindi ninyo malimutan si Yahweh, na siyang
nagdala sa inyo palabas sa lupain ng Ehipto, mula sa bahay
ng pagkaalipin. **13** Pararangalan ninyo si Yahweh na inyong
Diyos; sasambahin ninyo siya, at mangangako kayo ayon
sa kaniyang pangalan. **14** Hindi kayo susunod sa ibang
mga diyos, ang mga diyos ng mga taong nakapaligid sa
inyo— **15** dahil si Yahweh na nasa kalagitnaan ninyo ay
isang mapanibughuing Diyos —baka ang galit ni Yahweh
na inyong Diyos ay magpaningas laban sa inyo at wasakin
kayo mula sa ibabaw ng mundo. **16** Huwag ninyong subukin
si Yahweh na inyong Diyos kagaya ng pagsubok ninyo sa
kaniya sa Masa. **17** Matiyaga ninyong susundin ang mga
utos ni Yahweh na inyong Diyos, kaniyang mataimtim na
mga utos, at kaniyang mga batas, na kaniyang iniutos sa
inyo. **18** Gagawin ninyo kung ano ang tama at mabuti sa
paningin ni Yahweh, para makabuti ito sa inyo, para inyong
mapasok at angkinin ang mabuting lupain na ipinangako
ni Yahweh sa inyong mga ama, **19** palayasin ang lahat ng
inyong mga kaaway na nasa inyong harapan, gaya ng sinabi
ni Yahweh. **20** Kung tatanungin kayo ng inyong mga anak
pagdating ng panahon, sa pagsasabing, 'Anong ibig sabihin
sa mga bagay na ito—ang tipan ng mga kautusan, ang mga
batas, at ang ibang mga kautusan na iniutos ni Yahweh
na ating Diyos?' **21** pagkatapos sasabihin ninyo sa inyong
mga anak, 'Kami ay naging mga alipin ng Paraon sa Ehipto;

dinala kami ni Yahweh palabas sa Ehipto sa pamamagitan
ng makapangyarihang kamay, 22 at nagpakita siya ng mga
tanda at kamangha-manghang bagay, dakila at malubha, sa
Ehipto, kay Paraon, at sa kaniyang buong sambahayan, sa
harap ng ating mga mata; 23 at dinala niya tayo palabas
mula roon, para madala niya tayo sa loob, para ibigay sa
atin ang lupain na kaniyang ipinangako sa ating mga ama.
24 Inutusan tayo ni Yahweh na palaging sundin ang lahat
ng mga batas na ito, na matakot sa kaniya na ating Diyos
para sa ating kabutihan, para mapanatili niya tayong buhay,
tulad ngayon. 25 Kung ating susundin ang lahat ng mga utos
na ito sa harapan ni Yahweh na ating Diyos, ayon sa mga
iniutos sa atin, ito ay magiging katuwiran natin.'

**7** Kapag dinala kayo ni Yahweh na inyong Diyos sa lupain
na inyong pupuntahan para angkinin at paalisin ang
maraming mga bansa sa inyong harapan - ang mga anak
ni Heth, ang mga Gergeseo, ang mga Amoreo, ang mga
Canaaneo, ang mga Perezeo, ang mga Heveo at ang mga
Jebuseo-pitong bansang lalong malaki at malalakas kaysa
sa inyo; 2 at kapag bibigyan kayo ni Yahweh na inyong
Diyos ng katagumpayan sa kanila kapag nakita ninyo sila sa
digmaan, dapat ninyo silang salakayin, pagkatapos dapat
ganap ninyo sila wasakin. Hindi kayo gagawa ng tipan sa
kanila, ni magpakita ng awa sa kanila. 3 Ni naisin ninyo
na makipag-ayos ng kasal sa kanila; hindi ninyo ibibigay
ang inyong mga anak na mga babae sa kanilang mga anak
na lalaki, at hindi ninyo kukunin ang kanilang mga anak na
babae para sa inyong mga anak na lalaki. 4 Dahil ilalayo nila
ang inyong mga anak na lalaki mula sa pagsunod sa akin,
para sambahin nila ang ibang mga diyos. Kaya ang galit ni
Yahweh ay magsisiklab laban sa inyo at wawasakin niya kayo
agad. 5 Ganito kayo makikipagkasundo sa kanila: Sisirain
ninyo ang kanilang mga altar, pagputul-putulin ang kanilang
sagradong poste ng pira-piraso, ibagsak ang kanilang mga
posteng Asera at sunugin ang kanilang hinulmang mga
diyus-diyosan. 6 Dahil kayo ang isang bansa na hiniwalay
ni Yahweh na inyong Diyos. Pinili niya kayo para maging
isang lahi para sa kaniya para angkinin, higit pa sa lahat
na mukha ng ibabaw ng lupa. 7 Hindi itinakda ni Yahweh
ang pagmamahal niya sa inyo o pinili niya kayo dahil mas
marami ang bilang ninyo kaysa sinuman sa mga tao- dahil
kayo ang pinaka-konti sa lahat— 8 pero dahil minamahal
niya kayo at ninais niya na manatili ang pangako niya sa
inyong mga ama. Ito ang dahilan kung bakit si Yahweh ay
inilabas kayo sa isang makapangyarihang kamay at itinubos
kayo palabas sa bahay ng pagkakaalipin, mula sa kamay ng
Paraon, hari ng Ehipto. 9 Kaya kilalanin si Yahweh na inyong
Diyos— siya ay Diyos, ang tapat na Diyos, na nagpapanatili
ng mga tipan at katapatan sa isang libong salinlahi sa mga
nagmamahal sa kaniya at nagpapanatili ng kaniyang mga
utos, 10 pero pagbabayarin silang mga nagagalit sa kaniya
sa kanilang harapan, para wasakin sila; hindi siya magiging
maawain sa sinumang galit sa kaniya; gagantihan niya sila
sa harapan niya. 11 Kaya susundin ninyo ang kaniyang mga
utos, ang mga batas, at ang mga kautusan na inuutos ko
sa inyo sa araw na ito, para gawin ninyo ang mga ito. 12
Kung pakikinggan ninyo mga kautusang ito at susundin at
gawin ang mga ito, pananatilihin ni Yahweh na inyong Diyos
ang kaniyang tipan sa inyo at ang katapatan na ipinangako
niya sa inyong mga ama. 13 Mamahalin, pagpapalain, at
pararamihin niya kayo; pagpapalain niya rin ang bunga ng
inyong mga katawan at bunga ng inyong lupain, inyong butil,
inyong bagong alak, at ang inyong langis, ang pagpaparami
ng inyong mga baka at ang inyong mga batang kawan, sa
lupain na ipinangako niya sa inyong mga ama na ibibigay
niya sa inyo. 14 Pagpapalain kayo ng higit pa sa lahat ng iba
mga tao; Wala isa mang lalaki na walang anak o isang baog
na babae sa inyo o sa inyong mga hayop. 15 Tatanggalin
ni Yahweh ang lahat ng sakit; walang masasamang mga
sakit na mula sa Ehipto ang mailalagay niya sa inyo, pero
ilalagay niya ito sa kanila na galit sa inyo. 16 Uubusin ninyo
ang lahat ng mga lahi na binigay ni Yahweh na inyong
Diyos na mapagtagumpayan, at sa inyong mata hindi ninyo
sila kakaawaan. At hindi ninyo sasambahin ang kanilang
mga diyos, dahil iyon ay magiging isang bitag sa inyo. 17
Kung sasabihin ninyo sa inyong puso, 'Itong mga bansa
ay mas marami kaysa sa akin, papaano ko sila maaaring
tatalunin?'— 18 huwag kayong matakot sa kanila; alalahanin
ninyo sa inyong isipan kung ano ang ginawa ni Yahweh na
inyong Diyos kay Paraon at sa buong Ehipto; 19 ang mga
matinding paghihirap na nakita ng inyong mga mata, ang
mga palatandaan, ang mga kababalaghan, ang kamay na
makapangyarihan, at ang pagpapakita ng kapangyarihan sa
pamamagitan ni Yahweh sa pamamagitan ng pagpapalabas
sa inyo. Gagawin ulit ni Yahweh na inyong Diyos sa lahat
ng mga taong kinakatakutan ninyo. 20 Bukod pa dito, si
Yahweh na inyong Diyos ay magpapadala ng putakti sa
kanila hanggang sa sinumang maiwan at kung sino sa kanila
ang nagtatago ay masasawi mula sa inyong presensya.
21 Huwag ninyo silang katakutan sapagkat si Yahweh ay
kasama ninyo, isang dakila at kinakatakutang Diyos. 22
Si Yahweh na inyong Diyos ay aalisin ang mga bansa sa
harapan ninyo ng unti-unti. Hindi ninyo matatalo silang lahat
ng mabilisan, o ang mga mabangis na mga hayop na lalong
darami sa palibot ninyo. 23 Pero si Yahweh na inyong Diyos
ay bibigyan kayo ng katagumpayan kapag nakita ninyo
sila sa labanan; labis niya sila lilinlangin hanggang sila ay
mawasak. 24 Ilalagay niya ang kanilang mga hari sa ilalim ng

inyong kapangyarihan, at buburahin ang kanilang pangalan
mula sa ilalim ng langit. Walang sinuman ang maaaring
tumayo sa harapan ninyo, hanggang sa mawasak ninyo sila.
**25** Susunugin ninyo ang mga inukit na hugis ng kanilang
diyos; huwag ninyong naisin ang pilak o ginto na nakabalot
dito na gusto ninyong makuha para sa inyong sarili, at
mabibitag kayo sa pamamagitan nito; dahil kamuhi-muhi
ito kay Yahweh na inyong Diyos. **26** Wala kayong dadalhin
na anumang nakakasuklam na bagay sa loob ng inyong
bahay at simulang sambahin ito. Tiyak na kamumuhian at
kasusuklaman ninyo ito, dahil ito ay inihiwalay para wasakin.

**8** Dapat ninyong sundin ang lahat ng mga utos na ibibigay
ko sa inyo ngayon, para mabuhay kayo at lumago, at
pasukin at ariin ang lupain na ipinangako ni Yahweh sa
inyong mga ama. **2** Isasa-isip ninyo ang lahat ng mga
kaparaanan ni Yahweh na inyong Diyos na nagdala sa inyo
ng apatnapung taon sa ilang, para kayo ay ibaba niya, para
subukin niya kayo para malaman kung ano ang nasa inyong
puso, kung susundin ninyo ang kaniyang mga utos o hindi.
**3** Ibinaba niya kayo, at ginutom, at pinakain kayo ng manna,
na hindi ninyo alam kung ano, ni ng inyong mga ninuno,
ni ng inyong mga ama. Ginawa niya ang mga iyon para
malaman ninyo na ang mga tao ay hindi lamang nabubuhay
sa tinapay, kung hindi, ito ay sa pamamagitan ng bawat
salita na nagmumula sa bibig ni Yahweh kaya nabubuhay
ang mga tao. **4** Ang inyong kasuotan ay hindi naluluma
sa inyo, at hindi namaga ang inyong mga paa sa loob ng
apatnapung taong iyon. **5** Pag-isipan ninyo sa inyong puso,
kung paano, bilang isang amang tinutuwid ang kaniyang
anak, kaya tinutuwid kayo ni Yahweh na inyong Diyos. **6**
Susundin ninyo ang mga utos ni Yahweh na inyong Diyos,
para kayo ay lumakad sa kaniyang mga pamamaraan at
parangalan siya. **7** Dahil dadalhin kayo ni Yahweh na inyong
Diyos sa mabuting lupain, isang lupain ng mga batis ng
tubig, ng mga bukal at mga talon, na umaagos sa mga
lambak at sa mga burol; **8** isang lupain ng trigo at sebada,
ng mga puno ng ubas, mga puno ng igos, at mga granada;
isang lupain ng mga punong olibo at pulot. **9** Ito ay isang
lupain kung saan makakakain kayo ng tinapay nang hindi
nagkukulang, at kung saan walang magkukulang sa inyo;
isang lupain na ang mga bato ay gawa sa bakal, at mula sa
kaniyang mga burol maaari kayong makahukay ng tanso.
**10** Makakakain kayo at mabubusog, at pagpapalain ninyo
si Yahweh na inyong Diyos dahil sa mabuting lupain na
ibinigay niya sa inyo. **11** Maging maingat na hindi ninyo
makalimutan si Yahweh na inyong Diyos, at para hindi ninyo
ipagwalang bahala ang kaniyang mga utos, at kaniyang
mga alituntunin, at kanyang mga batas na aking iniutos sa
inyo ngayon. **12** Para hindi ito mangyari na, kapag kumain
kayo at mabusog, at kapag magtatayo kayo ng maayos na
mga bahay at manirahan dito, **13** at kapag dumami ang
inyong mga alagang hayop at mga kawan, at kapag dumami
na ang inyong pilak at ginto, at kapag ang lahat ng nasa
inyo ay dumami— **14** na pagkatapos ang inyong puso ay
maaaring magmataas, at maaari ninyong makalimutan si
Yahweh na inyong Diyos, na nagpalabas sa inyo mula sa
lupain ng Ehipto, mula sa tahanan ng pagkakaalipin. **15**
Maaaring makalimutan ninyo siya na pumatnubay sa inyo
sa malaki at kakila-kilabot na ilang, kung saan may nag-
aapoy na mga ahas at mga alakdan, at sa uhaw na lupa
na walang tubig; si Yahweh, na nagpalabas ng tubig sa
batong pingkian para sa inyo; **16** si Yahweh, na nagpakain
sa inyo ng manna sa ilang na hindi nakilala ng inyong mga
ninuno, para kayo ay ibaba niya, at para kayo ay subukin
niya, para gawan kayo ng kabutihan hanggang katapusan;
**17** kung hindi, maaari ninyong sabihin sa inyong puso, 'Sa
aking kapangyarihan at sa lakas ng aking kamay natamo
ko ang lahat ng kayamanang ito.' **18** Pero isa-isip ninyo
si Yahweh na inyong Diyos, dahil siya ang nagbibigay sa
inyo ng kapangyarihan para makakuha ng kayamanan; para
maitatag ang kaniyang tipan na kaniyang pinangako sa
inyong mga ama, gaya sa araw na ito. **19** Ito ay mangyayari
na, kung inyong kalilimutan si Yahweh na inyong Diyos at
sumunod sa ibang mga diyos, sambahin sila, at gagalangin
sila, patutunayan ko laban sa inyo ngayon na kayo'y tunay na
mapupuksa. **20** Tulad ng mga bansa na pinuksa ni Yahweh
sa harapan ninyo, kaya magihihirap kayo, dahil hindi ninyo
ninais makinig sa boses ni Yahweh na inyong Diyos.

**9** Makinig, Israel; malapit na kayong tumawid sa Jordan
sa araw na ito, pasukin para agawin ang mga bansang
higit na malaki at higit na malakas kaysa sa inyong sarili,
at mga lungsod na pinatibay pataas hanggang sa langit,
**2** isang malalakas na mga tao at matatangkad, ang mga
anak na lalaki ng Anakim, na kilala ninyo, at siyang narinig
ninyong sinabi ng mga tao, 'Sino ang makakapanindigan sa
harapan ng mga anak na lalaki ni Anak?' **3** Kaya alamin
sa araw na ito, na si Yahweh na inyong Diyos ang siyang
mangunguna sa harapan ninyo katulad ng isang lumalamong
apoy; wawasakin niya sila, at sila ay ibababagsak niya sa
inyong harapan; para palayasin ninyo sila palabas at agad
silang mamatay, gaya ng sinabi ni Yahweh sa inyo. **4** Huwag
sabihin sa inyong puso, matapos silang itulak palabas ni
Yahweh na inyong Diyos mula sa inyong harapan, 'dahil ako
ay matuwid kaya dinala ako ni Yahweh para angkinin ang
lupang ito,' dahil ito sa kasamaan nitong mga bansa kaya't
pinaaalis sila ni Yahweh palabas mula sa harapan ninyo.
**5** Hindi ito dahil sa inyong pagkamatuwid o sa kabutihan
ng inyong puso na makakapasok kayo para angkinin ang

kanilang lupain; pero dahil sa kasamaan ng mga bansang ito kaya't papaalisin sila ng inyong Diyos palabas mula sa inyong harapan, at para magawa niyang tuparin ang salita na pinangako niya sa inyong mga ninuno, kay Abraham, Isaac, at Jacob. **6** Kaya alamin ninyo, na hindi nagbigay si Yahweh na inyong Diyos sa inyo nitong masaganang lupain para angkinin dahil sa inyong pagkamatuwid, sapagkat kayo'y suwail na sangkatauhan. **7** Alalahanin ninyo at huwag kalimutan kung paano ninyo ginalit si Yahweh na inyong Diyos sa ilang; mula sa araw na iniwan ninyo ang lupain ng Ehipto hanggang sa nakarating kayo sa lugar na ito, naging suwail kayo laban kay Yahweh. **8** Pati sa Horeb ginalit ninyo si Yahweh, at nagalit si Yahweh sa inyo na sapat para lipulin kayo. **9** Nang umakyat ako sa bundok para tanggapin ang mga tipak na bato, ang mga tipak ng tipan na ginawa ni Yahweh kasama ninyo, nanatili ako sa bundok ng apatnapung araw at apatnapung gabi; ni hindi ako kumain ng tinapay o uminom ng tubig. **10** Ibinigay ni Yahweh sa akin ang dalawang tipak na batong sinulatan gamit ang kaniyang daliri; nasusulat sa mga ito ang lahat ng bagay gaya ng lahat ng mga salitang ipinahayag ni Yahweh sa inyo sa bundok mula sa gitna ng apoy noong araw ng pagtitipon. **11** Nangyari ito sa matapos ang apatnapung araw at apatnapung gabing iyon ng ibinigay ni Yahweh sa akin ang dalawang tipak na bato, ang mga tipak ng kautusan. **12** Sinabi ni Yahweh sa akin, 'Tumayo ka, agad na bumaba mula rito, dahil dinungisan ng iyong mga tao na dinala mo palabas ng Ehipto ang kanilang mga sarili. Agad silang lumihis sa landas na aking iniutos sa kanila. Gumawa sila para sa kanilang sarili ng isang hinulmang hugis.' **13** Dagdag pa rito, nagsalita si Yahweh sa akin at sinabing, 'Nakita ko ang mga taong ito; mga taong matitigas ang ulo. **14** Hayaan mo akong mag-isa, para mawasak ko sila at burahin ang kanilang pangalan mula sa silong ng langit, at gagawin kitang isang bansang higit na malakas at higit na dakila kaysa sa kanila'. **15** Kaya tumalikod ako at bumaba sa bundok, at ang bundok ay nasusunog. Nasa aking mga kamay ang dalawang tipak ng tipan. **16** Tumingin ako, at nakitang, nagkasala kayo laban kay Yahweh na inyong Diyos. Naghulma kayo para sa inyong sarili ng isang guya. Lumihis kayo mula sa daang iniutos ni Yahweh sa inyo. **17** Kinuha ko ang dalawang tipak at tinapon ang mga ito mula sa aking mga kamay. Binasag ko ang mga ito sa harapan ng inyong mga mata. **18** Muli akong nagpatirapa sa harapan ni Yahweh ng apatnapung araw at apatnapung gabi; hindi ako kumain ng tinapay ni uminom ng tubig, dahil sa lahat kasalanang ginawa ninyo, sa paggawa ng kung ano ang masama sa paningin ni Yahweh, para galitin siya. **19** Dahil natakot ako sa galit at sa mainit na pagkayamot na kung saan galit si Yahweh laban sa inyo para wasakin kayo. Pero nakinig din si Yahweh sa akin ng oras na iyon. **20** Galit na galit si Yahweh kay Aaron para patayin siya; nanalangin din ako para kay Aaron ng oras na iyon. **21** Kinuha ko ang inyong kasalanan, ang guya na ginawa ninyo, at sinunog ito, hinampas ito, at dinurog ito nang napakaliit, hanggang sa naging pino ito tulad ng alikabok. Tinapon ko ang alikabok nito sa tubig na dumadaloy pababa mula sa bundok. **22** Sa Tabera, sa Massa, at sa Kibrot Hataava, ginalit ninyo si Yahweh ng matindi. **23** Nang ipinadala kayo ni Yahweh mula sa Kades Barnea at sinabing, 'Humayo at angkinin ang lupain na ibinigay ko sa inyo,' pagkatapos naghimagsik kayo laban sa utos ni Yahweh na inyong Diyos, at hindi kayo naniwala o nakinig sa kaniyang boses. **24** Naging suwail kayo laban kay Yahweh mula sa araw na nakilala ko kayo. **25** Kaya nagpatirapa ako sa harapan ni Yahweh ng apatnapung wawasakin niya kayo. **26** Nagdasal ako kay Yahweh at sinabing, 'O Panginoong Yahweh, huwag mong wasakin ang iyong mga tao o ang iyong pamana na iyong iniligtas sa pamamagitan ng iyong kadakilaan, na dinala mo palabas ng Ehipto gamit ang isang makapangyarihang kamay. **27** Isipin ang inyong mga lingkod, na sina Abraham, Isaac, at Jacob; huwag tumingin sa katigasan ng ulo mga taong ito, ni sa kanilang kasamaan, ni sa kanilang kasalanan, **28** para ang lupain mula sa kung saan mo kami dinala ay dapat sabihing, “Dahil hindi sila dadalhin ni Yahweh sa lupang ipinangako niya sa kanila, at dahil kinasuklaman niya sila, dinala niya sila palabas para patayin sila sa ilang.” **29** Gayun pa man sila ay iyong mga tao at iyong pamana, na dinala mo palabas sa pamamagitan ng iyong dakilang lakas at sa pamamagitan ng pagpapakita ng iyong kapangyarihan.'

**10** Nang panahong iyon sinabi ni Yahweh sa akin, 'Umukit ka ng dalawang tipak na bato katulad ng una, at umakyat ka sa akin sa bundok, at gumawa ka ng isang kaban na kahoy. **2** Isusulat ko sa mga tipak na bato ang mga salita na nasa unang mga tipak, na iyong binasag at ilalagay mo sila kahoy na baul.' **3** Kaya gumawa ako ng baul sa kahoy ng akasya, at umukit ako ng dalawang tipak na bato katulad ng nauna, at umakyat ako sa bundok, dala ang dalawang tipak na bato sa aking kamay. **4** Isinulat niya sa mga tipak na bato, tulad sa unang nakasulat, ang Sampung Utos na sinabi ni Yahweh sa iyo sa bundok mula sa gitna ng apoy sa araw ng pagpupulong; pagkatapos ibinigay sila ni Yahweh sa akin. **5** Bumalik ako at bumaba mula sa bundok, at inilagay ang mga tipak na bato sa baul na ginawa ko; naroon sila, gaya ng inutos ni Yahweh sa akin.” **6** (Naglakbay ang mga tao sa Israel mula Beerot Bene Jaakan patungong Mosera. Doon namatay si Aaron, at doon siya inilibing; si Eleazar na kaniyang anak na lalaki,

ay naglingkod sa tanggapan ng pari kapalit niya. 7 Mula
doon naglakbay sila patungong Gudgoda, at mula Gudgoda
patungong Jotbata, isang lupain ng mga batis ng tubig. 8
Nang panahong iyon pinili ni Yahweh ang lipi ni Levi para
dalhin ang kasunduan ni Yahweh, para tumayo sa harapan
ni Yahweh para maglingkod sa kaniya, at pagpalain ang mga
tao sa kaniyang pangalan, sa araw na iyon 9 Kaya walang
bahagi si Levi ni pamanang lupain kasama ang kaniyang
mga kapatid na lalaki; si Yahweh ang kaniyang pamana,
gaya ng sinabi sa kaniya ni Yahweh na inyong Diyos.)
10 Nanatili ako sa bundok gaya ng unang pagkakataon,
apatnapung araw at apatnapung gabi. Nakinig si Yahweh
sa akin sa panahon ding iyon; hindi ninais ni Yahweh na
wasakin kayo. 11 Sinabi ni Yahweh sa akin, 'Bumangon
ka, mauna kang umalis sa mga tao para pangunahan sila
sa kanilang paglalakbay; papasok sila at angkinin ang
lupaing ipinangako ko sa kanilang mga ninuno na ibibigay
sa kanila.' 12 Ngayon, Israel, ano ang kailangan ni Yahweh
na inyong Diyos, maliban sa matakot kay Yahweh na inyong
Diyos, para lumakad sa lahat ng kaniyang kaparaanan,
para ibigin siya, at para sambahin si Yahweh na inyong
Diyos ng buong puso at buong kaluluwa, 13 para sundin
ang mga utos ni Yahweh, at ang kaniyang mga batas, na
inuutos ko sa inyo ngayon para sa inyong kabutihan? 14
Tingnan ninyo, pag-aari ni Yahweh na inyong Diyos ang
langit ng kalangitan, ang sanlibutan, kasama ang lahat
na nasa kanila. 15 Si Yahweh lamang ang nasiyahan sa
inyong mga ama para ibigin sila, at pinili niya kayo, na
kanilang mga kaapu-apuhan, na kasunod nila, kaysas sa sa
ibang mga tao, gaya ng ginagawa niya ngayon. 16 Kaya
nga tuliin ang masamang balat ng inyong puso at huwag
maging suwail. 17 Dahil si Yahweh na inyong Diyos, siya ay
Diyos ng mga diyos at Panginoon ng mga panginoon, ang
dakilang Diyos, ang tanging makapangyarihan at ang tanging
kinatatakutan, na siyang walang itinatanging sinuman at
hindi tumatanggap ng mga suhol. 18 Nagpapatupad siya
ng katarungan para sa ulila at balo, at ipinapakita niya
ang pagmamahal para sa mga dayuhan sa pamamagitan
ng pagbibigay sa kanila ng pagkain at kasuotan. 19 Kaya
mahalin ang dayuhan; dahil naging dayuhan kayo sa lupain
ng Ehipto. 20 Katatakutan ninyo si Yahweh na inyong Diyos;
siya ang inyong sasambahin. Kailangan ninyong kumapit sa
kaniya, at mangangako kayo sa pamamagitan ng kaniyang
pangalan. 21 Siya ang inyong papuri, at siya ay inyong
Diyos, na siyang gumawa para sa inyo ng makapangyarihan
at nakakatakot na mga bagay na ito, na nakita ng inyong
mga mata. 22 Bumaba ang inyong mga ama sa Ehipto
bilang pitumpung tao; ngayon ginawa kayo ni Yahweh na
inyong Diyos na kasindami ng mga bituin sa kalangitan.

11 Sa gayon ay iibigin ninyo si Yahweh na inyong Diyos
at palaging susundin ang kaniyang mga tagubilin,
kaniyang mga batas, kaniyang mga panuntunan at kaniyang
mga utos. 2 Pansinin na hindi ako nakikipag-usap sa
inyong mga anak, na hindi nakaalam o nakakita sa mga
parusa ni Yahweh na inyong Diyos, kaniyang kadakilaan,
kaniyang malakas na kamay, ang pagpapakita ng kaniyang
kapangyarihan, 3 ang mga tanda at mga gawa na ginawa
niya sa gitna ng Ehipto, kay Paraon, hari ng Ehipto, at
sa lahat ng lupain niya. 4 Ni nakita nila kung ano ang
ginawa niya sa hukbo ng Ehipto, sa kanilang mga kabayo, o
sa kanilang mga karrwaheng pandigma; kung paano niya
ginawa na ang tubig sa Dagat na Pula ay tabunan sila
habang hinahabol nila kayo, at kung paano sila sinira ni
Yahweh hanggang ngayon; 5 o kung ano ang ginawa niya
para sa inyo sa ilang hanggang sa makarating kayo sa
lugar na ito. 6 Hindi nila nakita ang ginawa ni Yahweh kina
Datan at Abiram, mga anak na lalaki ni Eliab na anak na
lalaki ni Ruben; kung paano bumuka ang bibig ng mundo
at nilulon sila, ang sambahayan, ang mga tolda, at bawat
nabubuhay na bagay na nakasunod sa kanila, sa gitna ng
buong Israel. 7 Pero nakita ng inyong mga mata ang lahat
ng mga dakilang gawa ni Yahweh na ginawa niya. 8 Kaya
nga sundin ninyong lahat ang mga utos na pinapagawa ko
sa inyo ngayon, para maging malakas kayo, at pumasok at
angkinin ang lupain, kung saan kayo papunta para angkinin
iyon; 9 at mapapahaba ninyo ang mga araw ninyo sa lupaing
pinangako ni Yahweh sa inyong mga ama na ibigay sa
kanila at sa kanilang mga kaapu-apuhan, isang lupaing
dinadaluyan ng gatas at pulot. 10 Para ang lupain, kung saan
kayo papasok para inyong angkinin, ay hindi tulad ng lupain
ng Ehipto, kung saan kayo nanggaling, kung saan nagtanim
kayo ng buto at diniligan iyon gamit ang inyong paa, tulad ng
hardin ng mga damong-gamot; 11 pero ang lupain, kung
saan kayo patungo para angkinin iyon, ay isang lupain ng
mga burol at mga lambak, at umiinom ng tubig ng ulan ng
kalangitan, 12 isang lupaing inaalagaan ni Yahweh; ang
mga mata ni Yahweh ay palaging naroon, mula sa simula
hanggang sa katapusan ng taon. 13 Mangyayari ito, kung
masigasig kayong makikinig sa aking mga utos na sinasabi
ko sa inyo ngayon para mahalin si Yahweh na inyong Diyos,
at paglingkuran siya ng inyong buong puso at ng inyong
buong kaluluwa, 14 na ibibigay ko ang ulan ng inyong lupain
sa kapanahunan nito, ang paunang ulan at ang panghuling
ulan, para matipon ninyo ang inyong mga butil, ang inyong
bagong alak, at inyong langis. 15 Magbibigay ako ng damo
sa inyong mga bukid para sa inyong mga baka, at kakain
kayo at mabubusog. 16 Bigyang pansin ang inyong mga
sarili, para hindi malinlang ang inyong puso, at kayo'y lumihis

at sumamba sa ibang mga diyus-diyosan, at yumukod sa
kanila; 17 para ang galit ni Yahweh ay hindi mag-alab laban
sa inyo, at para hindi niya isara ang kalangitan, para hindi
magkaroon ng ulan, at ang lupa ay hindi magbigay ng
kaniyang bunga, at para hindi kayo madaling mamatay mula
sa masaganang lupaing ibinibigay sa inyo ni Yahweh. 18
Kaya nga ilagay ang mga salita kong ito sa inyong puso
at kaluluwa; itali ang mga ito bilang isang tanda sa inyong
kamay, at hayaan ang mga ito na maging gasa sa pagitan
ng inyong mga mata. 19 Ituturo ninyo ang mga ito sa inyong
mga anak at pag-usapan ang tungkol sa mga ito kapag
nakaupo kayo sa bahay ninyo, kapag naglalakad kayo sa
daan, kapag humihiga at bumabangon kayo. 20 Isusulat
ninyo ang mga ito sa mga haligi ng pinto ng inyong bahay at
sa mga tarangkahan ng inyong lungsod, 21 para dumami
ang inyong mga araw, at ang mga araw ng inyong mga
anak, sa lupaing ipinangako ni Yahweh sa inyong mga ama
na ibibigay niya sa kanila, na maging tulad ang dami ng
araw na gaya ng kalangitan ay mataas sa ibabaw ng mundo.
22 Dahil kung masigasig ninyong susundin ang lahat ng mga
utos na ito na sinasabi ko sa inyo, para gawin ang mga
iyon, ibigin si Yahweh na inyong Diyos, lumakad sa lahat
ng kaniyang mga kaparaanan, at kumapit sa kaniya, 23 at
itataboy ni Yahweh ang lahat ng mga bansang ito mula sa
harapan ninyo, at aagawan ninyo ang mga bansang higit na
malaki at higit na malakas kaysa sa inyong sarili. 24 Bawat
lugar na lalakaran ng inyong mga talampakan ay mapapasa
inyo; mula sa ilang hanggang sa Lebanon, mula sa ilog, ang
Ilog Eufrates, hanggang sa kanlurang dagat ay magiging
hangganan ninyo. 25 Walang sinumang tao ang makakatayo
sa harapan ninyo; maglalagay si Yahweh na inyong Diyos
ng takot at ng kilabot sa lahat ng mga lupaing lalakaran
ninyo, tulad ng sinabi niya sa inyo. 26 Masdan, itinakda
ko sa inyo ngayon ang isang pagpapala at isang sumpa;
27 ang pagpapala, kung makikininig kayo sa mga utos ni
Yahweh na inyong Diyos na sinasabi ko sa inyo ngayon; 28
at ang sumpa, kung hindi kayo makikinig sa mga utos ni
Yahweh na inyong Diyos, pero lumihis palayo mula sa daan
na sinasabi ko sa inyo ngayon, para sumunod sa ibang mga
diyus-diyosan na hindi ninyo nakilala. 29 Mangyayari ito,
kapag si Yahweh na inyong Diyos ay dinala kayo sa lupain
kung saan kayo papunta para angkinin, na itatakda ninyo
ang pagpapala sa Bundok Gerizim, at ang sumpa sa Bundok
Ebal. 30 Hindi ba ang mga iyon ay nasa kabila ng Jordan, sa
kanluran ng kanluraning daan, sa lupain ng mga Cananeo
na nakatira sa Araba, sa itaas salungat sa Gilgal, sa tabi
ng mga kakahuyan ng More? 31 Dahil tatawid kayo sa
Jordan para makapasok at angkinin ang lupaing ibinibigay
sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos, at aangkinin ninyo iyon
at maninirahan doon. 32 Susundin ninyo ang lahat ng mga
batas at mga panuntunang itinakda ko sa inyo ngayon.

**12** Ito ang mga batas at ang mga panuntunan na
pananatilihin ninyo sa lupain na si Yahweh, ang Diyos
ng inyong mga ama, ang nagbigay sa inyo para inyong
angkinin sa lahat ng araw na kayo ay nabubuhay sa mundo.
2 Tiyak na wawasakin ninyo ang lahat ng mga lugar kung
saan ang mga bansa na inyong tatanggalan ng karapatan
na sumamba sa kanilang mga diyus-diyosan, sa matataas
na mga bundok, sa mga burol, at sa ilalim ng bawat luntiang
puno; 3 at sisirain ninyo ang kanilang mga altar, pagpipira-
pirasuhin ninyo ang kanilang banal na mga batong haligi,
at susunugin ang kanilang mga posteng Asera; puputulin
ninyo ang inukit na mga larawan ng kanilang mga diyus-
diyosan at sisirain ang kanilang pangalan mula sa lugar
na iyon. 4 Hindi ninyo sasambahin si Yahweh na inyong
Diyos tulad niyan. 5 Pero sa lugar na pipiliin ni Yahweh
na inyong Diyos mula sa lahat ng inyong mga lipi para
ilagay ang kaniyang pangalan, na magiging lugar kung
saan siya titira, at doon kayo pupunta. 6 Dadalhin ninyo
roon ang inyong mga handog na susunugin, ang inyong
mga alay, ang inyong mga ikapu, at ang mga handog na
inihandog ng inyong kamay, ang inyong mga handog para
sa mga panata, ang inyong kusang loob na mga handog,
at ang panganay ng inyong mga hayop at mga kawan. 7
Kakainin ninyo roon sa harapan ni Yahweh na inyong Diyos
at magsasaya tungkol sa lahat ng mga bagay na inyong
ginagawa, kayo at ang inyong mga sambahayan, kung saan
kayo ay pinagpala ni Yahweh na inyong Diyos. 8 Hindi ninyo
gagawin ang lahat ng mga bagay na ginagawa natin dito
ngayon; gumawa ngayon ang bawat isa ng anumang bagay
na tama sa kanilang sariling mga mata; 9 dahil hindi pa
kayo nakarating sa kapahingahan, sa mga mamanahin na
ibibigay ni Yahweh na inyong Diyos sa inyo. 10 Pero kapag
tatawid na kayo sa Jordan at maninirahan sa lupain na
idinulot ni Yahweh na inyong Diyos na inyong mamanahin,
at kapag binibigyan niya kayo ng kapahingahan mula sa
lahat ng inyong mga kaaway na nakapalibot, nang sa gayon
manirahan kayo ng ligtas, 11 pagkatapos mangyayari ito
sa lugar kung saan piliin ni Yahweh na inyong Diyos doon
na manirahan ang kaniyang pangalan, doon dalhin ninyo
ang lahat ng iniutos ko sainyo: ang inyong mga sinunog na
handog, ang inyong mga alay, ang inyong mga ikapu, at
ang mga handog na inihandog ng inyong kamay, at lahat
ng inyong piling handog para sa mga panata na inyong
ipapangako kay Yahweh. 12 Magsasaya kayo sa harapan
ni Yahweh na inyong Diyos—kayo, ang inyong mga anak
na lalaki, ang inyong mga anak na babae, ang inyong mga
lingkod na lalaki at ang inyong mga lingkod na babae at ang

mga Levita na nasa loob ng inyong tarangkahan, dahil wala
siyang bahagi o pamana sa inyo. **13** Bigyang pansin ang
inyong sarili na hindi kayo magsusunog ng handog sa bawat
lugar na inyong makikita; **14** pero ito ay sa lugar na pipiliin ni
Yahweh na mula sa isa sa inyong mga lipi na ang inyong
mga handog ay susunugin, at gagawin ninyo doon ang lahat
ng bagay na sinabi ko sa inyo. **15** Gayon pa man, maaari
kayong pumatay at kumain ng mga hayop na nasa loob
ng lahat ng inyong mga tarangkahan, gaya ng nais ninyo,
pagtanggap sa mga pagpapala ni Yahweh na inyong Diyos
para sa lahat nang ibinigay niya sa inyo; ang marurumi at
ang malilinis na mga tao ay parehong makakakain nitong
mga hayop tulad ng gasela at usa. **16** Pero hindi ninyo
kakainin ang dugo, ibubuhos ninyo ito sa lupa na parang
tubig. **17** Hindi kayo maaaring kumain sa loob ng inyong
mga tarangkahan mula sa ikapu ng inyong butil, ang inyong
bagong alak, inyong langis, o ang panganay ng inyong
hayop o kawan; at hindi kayo maaaring kumain ng anuman
sa laman na inyong inialay kasama ng anumang mga panata
na inyong ginawa, ni hindi ang inyong kusang-loob na mga
handog, o ang mga handog na inihandog ng inyong kamay.
**18** Sa halip, kakainin ninyo ang mga ito sa harapan ni Yahweh
na inyong Diyos sa lugar na pipiliin ni Yahweh na inyong
Diyos—kayo, ang inyong anak na lalaki, anak na babae, ang
mga lingkod na lalaki, mga lingkod na babae, at ang mga
Levita na nasa loob ng inyong tarangkahan; magsasaya
kayo sa harapan ni Yahweh na inyong Diyos tungkol sa lahat
ng bagay kung saan inilagay ninyo ang inyong kamay. **19**
Bigyang pansin ang inyong sarili na hindi ninyo pababayaan
ang mga Levita hangga't naninirahan kayo sa inyong lupain.
**20** Kapag pinalawak ni Yahweh na inyong Diyos ang inyong
mga hangganan, tulad ng ipinangako niya sa inyo, at sinabi
ninyo, 'Kakain ako ng laman,' dahil sa inyong pagnanais na
kumain ng laman, maaari kayong kumain ng laman, gaya
ng inyong pagnanais. **21** Kung masyadong malayo mula
sa inyo ang lugar na pipiliin ni Yahweh na inyong Diyos na
lagyan ng kaniyang pangalan, sa gayon papatay kayo ng
ilan sa inyong mga hayop o inyong mga kawan na ibinigay
ni Yahweh sa inyo, katulad ng sinabi ko sa inyo; maaari
kayong kumain sa loob ng inyong mga tarangkahan, ayon
sa inyong pagnanais. **22** Tulad ng ang gasela at ang usa ay
kinakain, kakain din kayo nito; maaaring kumain nito ang
magkatulad na marurumi at malilinis na mga tao. **23** Tiyakin
lamang na huwag ninyong kakainin ang dugo, dahil ang
dugo ay ang buhay; hindi ninyo kakainin ang buhay kasama
ang laman. **24** Hindi ninyo ito kakainin; ibubuhos ninyo ito
sa lupa na parang tubig. **25** Hindi ninyo ito kakainin, para
lahat ay maging mabuti sa inyo, at ng inyong mga anak
na susunod sa inyo, kapag ginawa ninyo kung ano ang
tama sa mga mata ni Yahweh. **26** Pero ang mga bagay
na nabibilang kay Yahweh na mayroon kayo at ang mga
handog para sa inyong mga panata—kukunin ninyo ang
mga ito at pupunta sa lugar na pipiliin ni Yahweh. **27** Ihahain
ninyo ang inyong mga sinunog na handog, ang laman at
ang dugo, sa altar ni Yahweh na inyong Diyos; ang dugo
ng inyong mga alay ay ibubuhos sa altar ni Yahweh na
inyong Diyos, at kakainin ninyo ang laman. **28** Magmasid at
makinig sa lahat ng mga salitang ito na sinasabi ko sa inyo,
na maaaring makabuti ito sa inyo at sa inyong mga anak
na susunod sa inyo magpakailanman, kapag ginawa ninyo
kung ano ang mabuti at tama sa mga mata ni Yahweh na
inyong Diyos. **29** Kapag winasak ni Yahweh ang mga bansa
mula sa harapan ninyo, kapag pumasok kayo para alisan
sila ng karapatan, at mapaalis ninyo sila, at maninirahan sa
kanilang lupain, **30** bigyan pansin ang inyong sarili na hindi
kayo mabibitag sa pagsunod sa kanila, pagkatapos silang
mawasak mula sa harapan ninyo—mabitag sa pagsisiyasat
sa kanilang mga diyos, sa pagtatanong, 'Paano sumasamba
ang mga bansang ito sa kanilang mga diyus-diyosan?
Ganoon din ang gagawin ko.' **31** Hindi ninyo iyan gagawin sa
paggalang kay Yahweh na inyong Diyos, dahil ang lahat ng
bagay na kasuklam-suklam kay Yahweh, ang mga bagay na
kinasusuklaman niya—ginawa nila ang mga ito sa kanilang
diyus-diyosan; sinunog nila kahit pa ang kanilang mga anak
na lalaki at kanilang mga anak na babae sa apoy para sa
kanilang mga diyus-diyosan. **32** Anuman ang sinabi ko sa
inyo ay sundin ito. Huwag itong dagdagan o bawasan.

**13** Kung may lilitaw sa inyo na isang propeta o isang
nagbibigay kahulugan sa mga panaginip, at kung siya
ay magbibigay sa inyo ng isang palatandaan o isang himala,
**2** at kung darating ang tanda o ang himala, kung saan siya ay
nagsalita sa inyo at sinabing, 'Sumunod tayo sa ibang mga
diyus-diyosan, na hindi ninyo kilala, at sambahin natin sila,'
**3** huwag makinig sa mga salita ng propetang iyon, o ng mga
nagbibigay kahulugan sa mga panaginip; dahil sinusubukan
kayo ni Yahweh na inyong Diyos para malaman kung mahal
ninyo si Yahweh na inyong Diyos ng inyong buong puso at
buong kaluluwa. **4** Maglalakad kayo kasunod ni Yahweh na
inyong Diyos, parangalan siya, susundin ang kaniyang mga
kautusan, at sumunod sa kaniyang boses, at sambahin ninyo
siya at kumapit sa kaniya. **5** Ilalagay sa kamatayan ang
propeta o nagbibigay kahulugan sa mga panaginip na iyon,
dahil nagsasalita siya ng paghihimagsik laban kay Yahweh
na inyong Diyos, ang siyang nagdala sa inyo palabas sa
lupain ng Ehipto, at ang siyang tumubos sa inyo palabas sa
bahay ng pagkaalipin. Gusto kayong ilayo ng propetang iyon
sa daan kung saan kayo inutusang lumakad ni Yahweh na
inyong Diyos. Kaya alisin ninyo ang kasamaan mula sa inyo.

6 Ipagpalagay na ang inyong kapatid na lalaki, na anak na
lalaki ng inyong ina, o ang inyong anak na lalaki o inyong
anak na babae, o ang asawa ng inyong sinapupunan, o ang
inyong kaibigan na sa inyo ay parang sarili ninyong kaluluwa,
na palihim na umaakit sa inyo at sinasabing, 'Tayo'y pumunta
at sumamba sa ibang mga diyus-diyosan na hindi ninyo
kilala, maging kayo o ng inyong mga ninuno— 7 alinman
sa mga diyus-diyosan ng mga tao na nakapalibot sa inyo,
malapit sa inyo, o malayo mula sa inyo, mula sa isang dulo
ng mundo hanggang sa ibang dulo ng mundo.' 8 Huwag
sumang-ayon o makinig sa kaniya. Ni dapat siyang kaawaan
ng inyong mata, ni papatawarin o itago siya. 9 Sa halip,
siguraduhin ninyong papatayin siya; ang inyong kamay ang
mauun para patayin siya, at pagkatapos ang kamay na ng
lahat ng mga tao. 10 Babatuhin ninyo siya hanggang sa
kamatayan sa pamamagitan ng mga bato, dahil sinubukan
niyang hilain kayo palayo mula kay Yahweh na inyong Diyos,
na nagdala sa inyo palabas sa lupain ng Ehipto, palabas sa
bahay ng pagkaalipin. 11 Makikinig at matatakot ang buong
Israel, at hindi magpapatuloy sa paggawa ng ganitong uri ng
kasamaan sa inyo. 12 Kung marinig ninyo sa sinuman na
nagsasabi tungkol sa isa sa inyong mga lungsod na binigay
ni Yahweh na inyong Diyos sa inyo para tirahan: 13 Ang ilan
sa masamang mga kasamahan ay umalis mula sa inyo at
lumayo ang naninirahan sa kanilang lungsod at sinabing,
'Tayo na at sumamba sa ibang mga diyus-diyosan na hindi
ninyo kilala.' 14 Pagkatapos suriin ninyo ang katibayan,
gumawa ng pagsasaliksik, at siyasatin ito ng mabuti. Kung
ito ay totoo at tiyak na isang kasuklam-suklam na bagay na
nagawa sa inyo— 15 pagkatapos siguraduhing lumusob
sa mga naninirahan sa lungsod sa pamamagitan ng talim
ng tabak, ganap itong wasakin at ang lahat ng mga tao
na narito, kasama ng alagang hayop, sa pamamagitan ng
talim ng tabak. 16 pagsama-samahin ninyo ang lahat ng
natirang mapapakinabangan pa mula rito sa gitna ng daan,
at sunugin ang lungsod, gayon din ang lahat ng natirang
mapapakinabangan rito— para kay Yahweh na inyong Diyos.
Magiging isang bunton ng mga pagkasira magpakailanman
ang lungsod; hindi na ito dapat pang maitayong muli. 17 Wala
ni isa sa mga bagay na iyon na inihiwalay para wasakin ang
dapat manatili sa inyong kamay. Ito ang dapat na kalagayan,
nang sa gayon tatalikod si Yahweh mula sa kabagsikan ng
kaniyang galit, pakitaan kayo ng awa, may kahabagan sa
inyo, at paparamihin ang inyong mga bilang, na ayon sa
kaniyang isinumpa sa inyong mga ama. 18 Gagawin niya ito
dahil nakikinig kayo sa boses ni Yahweh na inyong Diyos,
para sundin ang lahat ng kaniyang mga kautusan na sinabi
ko sa inyo ngayon, para gawin iyon na siyang tama sa mga
mata ni Yahweh na inyong Diyos.

14 Kayo ang mga tao ni Yahweh na inyong Diyos. Huwag
ninyong putulan ang inyong mga sarili, ni ahitan ang
anumang bahagi ng inyong mukha para sa patay. 2 Dahil
kayo ang isang bansa na inilaan para kay Yahweh na inyong
Diyos, at pinili kayo ni Yahweh na maging mga tao para
sa kaniyang sariling pag-aari, higit pa sa lahat ng mga tao
na nasa ibabaw ng mundo. 3 Hindi ninyo dapat kainin ang
anumang kasuklam-suklam na bagay. 4 Ito ang mga hayop
na maaari ninyong kainin: ang lalaking baka, ang tupa, at
ang kambing, 5 ang usa, ang gasel, ang usang lalaki, ang
mabangis na kambing, at aybeks, at ang antilope, at ang
tupang bundok. 6 Maaari ninyong kainin ang anumang mga
hayop na nakabahagi ang kuko, iyon ay, yung ang kuko na
nahahati sa dalawa, at ngumunguya ng nginuyang pagkain
ng hayop. 7 Gayon pa man, may ilang mga hayop na hindi
ninyo dapat kainin na ngumunguya ng nginuyang pagkain ng
hayop o yaong mayroong kukong nahahati sa dalawa: ang
kamelyo, ang kuneho, at ang kuneho sa batuhan; dahil ang
mga ito ay ngumunguya ng nginuyang pagkain ng hayop
pero hindi hiwalay ang kuko, marumi sila para sa inyo. 8
Marumi rin para sa inyo ang baboy dahil siya ay hiwalay
ang kuko pero hindi ngumunguya ng nginuyang pagkain ng
hayop; marumi siya para sa inyo. Huwag kainin ang karne
ng baboy, at huwag hawakan ang kanilang mga bangkay. 9
Maaari ninyong kainin ang mga bagay na ito na nasa tubig:
kahit anong may mga palikpik at mga kaliskis; 10 pero hindi
dapat ninyong kainin ang mga walang palikpik at kaliskis;
marumi sila para sa inyo. 11 Makakain ninyo ang lahat ng
malilinis na mga ibon. 12 Pero ito ang mga ibon na hindi
dapat ninyo kainin: ang agila, ang buwitre, ang ospri, 13 ang
pulang halkon at itim na halkon, anumang uri ng palkon, 14
anumang uri ng uwak, 15 at ang ostrits, at ang gabing lawin,
ang tagak, anumang uri ng lawin, 16 ang munting kuwago,
ang malaking kuwago, ang puting kuwago, 17 ang pelikano,
ang buwitreng carrion, ang maninisid-isda, 18 at ang tagak,
anumang uri ng kanduro, ang hoopoe, at ang paniki. 19
Lahat ng may pakpak, kumukuyog na mga bagay ay marumi
para sa inyo; hindi dapat sila kainin. 20 Maaari ninyong kainin
ang lahat ng mga malinis na bagay na lumilipad. 21 Hindi
ninyo dapat kainin ang anumang hayop na kusang namatay;
maaari ninyo itong ibigay sa dayuhan na nasa inyong mga
tarangkahan, na maaari niyang kainin ito; o maaari ninyo
itong ipagbili sa isang dayuhan. Sapagka't kayo ay isang
bansa na inilaan para kay Yahweh na inyong Diyos. Dapat
huwag ninyong pakuluan ang isang batang kambing sa gatas
ng ina nito. 22 Dapat ninyong tiyakin ang ikapu sa lahat ng
bunga ng inyong pinunla, na kung saan lalabas mula sa
bukid taon taon. 23 Dapat kayong kumain sa harapan ni
Yahweh na inyong Diyos, sa lugar na kaniyang pipiliin na

kaniyang maging santuwaryo, ang ikapu ng inyong butil, ng
inyong bagong alak, at ng inyong langis, at ang unang anak
ng inyong mga hayop at inyong kawan; nang matutunan
ninyong palaging parangalan si Yahweh na inyong Diyos. 24
Kung ang paglalakbay ay napakahaba para sa inyo na hindi
na ninyo makayanan na dalhin ito, dahil ang lugar na pipiliin
ni Yahweh na inyong Diyos na kaniyang santuwaryo ay
napakalayo mula sa inyo, pagkatapos, kapag pagpapalain
na kayo ni Yahweh na inyong Diyos, 25 ipagpapalit ninyo ang
alay sa pera, itatali ang pera sa inyong kamay, at pumunta
sa lugar na pipiliin ni Yahweh na inyong Diyos. 26 Doon
gagastusin ninyo ang pera para sa anumang ninais ninyo:
para sa mga baka, o para sa tupa, o para sa alak, o para sa
matapang na inumin, o para sa anumang nais ninyo; kakain
ka doon sa harap ni Yahweh na inyong Diyos, at magsasaya
kayo, kayo at ang inyong sambahayan. 27 Ang Levita na
nasa loob ng inyong mga tarangkahan— huwag siyang
kalimutan, dahil wala silang bahagi ni pamana na nasa inyo.
28 Sa katapusan ng bawat tatlong taon ay ibibigay ninyo
ang lahat na ikapu ng inyong bunga sa parehong taon, at
iimbakin ninyo ito sa loob ng inyong mga tarangkahan; 29 at
ang Levita, dahil wala silang bahagi ni pamana na nasa
inyo, at ang dayuhan, at ang ulila, at ang balo na nasa loob
ng inyong mga tarangkahan, pupunta at kakain at mabusog.
Gawin ito para pagpapalain kayo ni Yahweh na inyong Diyos
sa lahat ng gawain ng inyong kamay na inyong gagawin.

**15** Sa katapusan ng bawat pitong taon, dapat ninyong
kanselahin ang mga utang. 2 Ito ang paraan ng
pagpapalaya: ang lahat ng nagpapautang ay kanselahin
ang alinmang pinautang sa kaniyang kapitbahay o kaniyang
kapatid; hindi na niya ito hihigin dahil ang pagkakansela ni
Yahweh ng mga utang ay nahayag na. 3 Maaari ninyong
hingin ito mula sa isang dayuhan; pero anuman ang nasa
inyong kapatid na inyong pag-aari ay dapat ng bitawan ng
inyong kamay. 4 Ganoon pa man, wala dapat sa inyo ang
mahirap (sapagkat tiyak na pagpapalain kayo ni Yahweh
sa lupain na ibibigay niya sa inyo bilang isang pamana
para angkinin), 5 kung masigasig lamang kayong makinig
sa boses ni Yahweh na inyong Diyos, para sundin ang
lahat ng mga kautusan na ito na aking sinasabi sa inyo
sa araw na ito. 6 Pagpapalain kayo ni Yahweh na inyong
Diyos, ayon sa ipinangako niya sa inyo; magpapautang
kayo sa maraming mga bansa, pero hindi kayo hihiram;
mamumuno kayo sa maraming mga bansa, pero hindi nila
kayo pamumunuan. 7 Kung may isang taong mahirap sa
inyo, isa sa inyong mga kapatid, saanman sa loob ng inyong
mga tarangkahan sa lupain na ibinibigay sa inyo ni Yahweh
na inyong Diyos, hindi dapat ninyo patigasin ang inyong mga
puso ni isara ang inyong kamay mula sa inyong mahirap na
kapatid; 8 pero dapat ninyong tiyakin na bukas ang inyong
kamay sa kaniya at tiyaking pautangin siya ng sapat para sa
kaniyang kailangan. 9 Mag-ingat kayo sa pagkakaroon ng
isang masamang pag-iisip sa inyong puso, sa pagsasabing,
'Ang ikapitong taon, ang taon ng pagpapalaya, ay malapit
na,' para hindi kayo maging maramot patungkol sa mahirap
ninyong kapatid at walang maibigay sa kaniya; baka siya ay
umiyak kay Yahweh tungkol sa inyo, at maging kasalanan
ito para sa inyo. 10 Dapat ninyong tiyaking magbigay sa
kaniya, at hindi dapat magdamdam ang inyong puso kapag
magbibigay sa kaniya, dahil ang kapalit nito ay pagpapalain
kayo ni Yahweh na inyong Diyos sa lahat ng inyong mga
gawain at sa lahat ng paglalagyan ng inyong kamay. 11 Dahil
hindi kailanman mawawala ang mahihirap sa lupain; kaya
sinasabi ko ito sa inyo, 'Dapat ninyong tiyaking bukas ang
inyong kamay sa inyong kapatid, sa mga nangangailangan
sa inyo, at sa mga mahihirap sa inyong lupain.' 12 Kung ang
inyong kapatid, ay isang Hebreong lalaki, o isang Hebreong
babae, ay binenta sa inyo at pinaglingkuran kayo nang anim
na taon, kung gayon sa ikapitong taon dapat ninyo siyang
palayain. 13 Kapag hinayaan ninyo siyang makalaya, huwag
ninyo dapat siyang hayaan na makaalis na walang dala.
14 Dapat magbigay kayo ng masagana sa kaniya mula sa
inyong kawan, mula sa inyong giikan ng palapag, at mula sa
inyong pigaan ng ubas. Dahil pinagpala kayo ni Yahweh
na inyong Diyos, dapat kayong magbigay sa kaniya. 15
Dapat ninyong alalahanin na kayo ay mga alipin sa lupain ng
Ehipto, at si Yahweh na inyong Diyos ang tumubos sa inyo;
kaya sinasabi ko sa inyo ngayon na gawin ito. 16 Mangyayari
ito kung sinabi niya sa inyo, 'hindi ako lalayo sa inyo; dahil
minamahal niya kayo at ang inyong tahanan, at dahil siya ay
nasa mabuting kalagayan kasama ninyo, 17 kung gayon
dapat kayong kumuha ng isang pambutas at itusok ito sa
kaniyang tainga sa isang pintuan, at siya ay magiging lingkod
ninyo habang buhay. At gagawin rin ninyo ito sa inyong
aliping babae. 18 Hindi dapat maging mahirap para sa inyo
na siya ay palayain mula sa inyo, dahil pinagsilbihan niya
kayo ng anim na taon at binigyan ng dobleng halaga ang
inupahang tao. Pagpapalain kayo ni Yahweh na inyong Diyos
sa lahat ng inyong mga gagawin. 19 Dapat ninyong ihandog
kay Yahweh na inyong Diyos ang lahat ng mga panganay na
lalaki sa inyong mga alagang hayop at sa inyong kawan;
hindi kayo magtatrabaho gamit ang inyong panganay na
alagang hayop, ni gupitan ang panganay sa inyong kawan.
20 Dapat ninyong kainin ang panganay na lalaki sa harapan
ni Yahweh na inyong Diyos taon-taon sa lugar na pipiliin ni
Yahweh, kayo at ng inyong sambahayan. 21 Kung ito ay
may anumang kapintasan—halimbawa, kung ito ay pilay o
bulag, o mayroon kahit anong kapintasan—hindi ninyo dapat

ito ialay kay Yahweh na inyong Diyos. 22 Kakainin ninyo ito
sa loob ng inyong mga tarangkahan; dapat itong kainin ng
taong marumi at malinis, tulad ng pagkain ninyo sa isang
gasel o isang usa. 23 Huwag ninyo kainin ang dugo nito;
kailangan ninyong ibuhos ang dugo nito sa lupa tulad ng
tubig.

**16** Tandaan ang buwan ng Abib, at panatilihin ang Paskua
para kay Yahweh na inyong Diyos, sapagka't sa buwan
ng Abib dinala kayo ni Yahweh na inyong Diyos palabas
ng Ehipto sa gabi. 2 Iaalay ninyo ang Paskua para kay
Yahweh na inyong Diyos gamit ang ilan sa mga kawan at
mga alagang hayop sa lugar na pipiliin ni Yahweh bilang
kaniyang santuwaryo. 3 Kakain kayo ng tinapay na walang
lebadura kasama nito; pitong araw kakain kayo ng tinapay
na walang lebadura kasama nito, ang tinapay ng dalamhati;
dahil mabilis kayong lumabas mula sa lupain ng Ehipto.
Gawin ninyo ito sa lahat ng araw ng inyong buhay para
inyong maisip ang araw na kayo ay nakalabas mula sa
lupain ng Ehipto. 4 Dapat walang makitang lebadura sa inyo
sa bawat hangganan sa ikapitong araw; ni kahit anong karne
na inyong ialay sa gabi sa unang araw na manatili hanggang
umaga. 5 Hindi ninyo maaaring ialay ang Paskua sa loob ng
alin man sa inyong mga tarangkahan ng inyong lungsod na
ibibigay ni Yahweh na inyong Diyos. 6 Sa halip, mag-alay sa
lugar na pipiliin ni Yahweh bilang kaniyang santuwaryo. Doon
ninyo isasagawa ang pag-aalay ng paskua sa gabi at sa
paglubog ng araw, sa panahon ng taon na kayo ay nakalabas
ng Ehipto. 7 Dapat ninyo itong ihawin at kainin sa lugar na
pipiliin ni Yahweh na inyong Diyos; kinaumagahan kayo ay
babalik at pupunta sa inyong mga tolda. 8 Sa loob ng anim
na araw kayo ay kakain ng tinapay na walang lebadura; sa
ika pitong araw magkaroon ng isang taimtim na pagtitipon
para kay Yahweh na inyong Diyos; sa araw na iyon hindi
kayo dapat magtrabaho. 9 Bibilang kayo ng pitong linggo
para sa inyong sarili; dapat ninyong simulan ang pagbibilang
ng pitong linggo sa oras na inyong simulang ilagay ang karit
sa nakatayong butil. 10 Dapat ninyong ipagdiwang ang Pista
ng mga Linggo para kay Yahweh na inyong Diyos kasama
ang inyong ambag para sa kusang-loob na handog mula
sa iyong kamay na inyong ibibigay, ayon sa pagpapala sa
inyo ni Yahweh na inyong Diyos. 11 Kayo ay magsasaya sa
harapan ni Yahweh na inyong Diyos—kayo, inyong anak na
lalaki, inyong anak na babae, inyong lalaking tagapaglingkod,
inyong babaing tagapaglingkod, ang Levita na nasa loob ng
mga tarangkahan ng inyong lungsod, at ang mga dayuhan,
ang mga ulila, at ang mga balo na nasasakupan ninyo,
doon sa lugar na pipiliin ni Yahweh na inyong Diyos para sa
kaniyang santuwaryo. 12 Isaisip ninyo na kayo ay naging
isang alipin sa Ehipto; Dapat ninyong sundin at gawin ang
mga batas na ito. 13 Dapat ninyong ipagdiwang ang Pista ng
mga Kanlungan ng pitong araw matapos ninyong malikom
ang ani mula sa inyong giikang palapag at mula sa pigaan
ng ubas. 14 Kayo ay magagalak sa panahon ng pista—kayo,
inyong anak na lalaki, inyong anak na babae, inyong lalaking
tagapaglingkod, inyong babaing tagapaglingkod, ang Levita,
ang mga dayuhan, ang mga ulila at ang mga balo na nasa
inyo, na nasa loob ng inyong mga tarangkahan. 15 Sa loob
ng pitong araw dapat ninyong sundin ang Pista para kay
Yahweh na inyong Diyos sa lugar na pipiliin ni Yahweh,
dahil pagpapalain kayo ni Yahweh na inyong Diyos sa
lahat ng inyong ani at sa lahat ng gawain ng inyong mga
kamay, at dapat kayo ay lubusang masiyahan. 16 Tatlong
beses sa isang taon, ang lahat ng inyong kalalakihan ay
dapat magpakita sa harapan ni Yahweh na inyong Diyos sa
lugar na kaniyang pipiliin: sa Pista ng Tinapay na walang
Lebadura, sa Pista ng mga Linggo, at sa Pista ng mga
Kanlungan; at hindi sila makikita sa harapan ni Yahweh
na walang dala; 17 sa halip, ang bawat tao ay magbibigay
ayon sa kaniyang kakayahan, para malaman ninyo ang
pagpapalang ibinigay sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos. 18
Dapat gumawa kayo ng mga hukom at mga opisiyal sa loob
ng lahat ng inyong mga tarangkahan ng lungsod na ibibigay
sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos; sila ay kukunin mula sa
bawat mga lipi ninyo, at dapat sila ay humatol sa mga tao
ng may matuwid na paghatol. 19 Hindi ninyo dapat pilitin
ang katarungan; hindi dapat kayo magpakita ng pagpanig ni
kumuha ng suhol, dahil ang isang suhol ay bumubulag sa
mga mata ng matalino at sumisira sa mga salita ng matuwid.
20 Dapat ninyong sundin ang katarungan, sa katarungan
lamang, para kayo ay maaaring mamuhay at manahin ang
lupaing ibinibigay sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos. 21
Dapat hindi kayo magtayo para sa iyong mga sarili ng isang
Asera, anumang uri ng baras, katabi ng altar ni Yahweh na
inyong Diyos na inyong gagawin para sa inyong sarili. 22
Ni magtayo kayo para sa inyong sarili ng anumang banal
na batong haligi, na kinasusuklaman ni Yahweh na inyong
Diyos.

**17** Hindi kayong dapat maghandog kay Yahweh na inyong
Diyos ng isang baka o tupa na may kapintasan o
kapansanan dahil kasuklam-suklam iyon sa harapan ni
Yahweh na inyong Diyos. 2 Kung mayroong matagpuan
sa inyo, kahit saan sa loob ng tarangkahan ng inyong mga
lungsod na ibibigay ni Yahweh na inyong Diyos, sinumang
lalaki o babae na gumagawa ng masama sa paningin
ni Yahweh na inyong Diyos at lumalabag sa kaniyang
kautusan— 3 sinuman ang mawala at sumamba sa ibang
mga diyus-diyosan at lumuhod sa kanila, kahit na ang araw,
ang buwan o anumang nasa langit—na wala sa aking sinabi

4 at kung sinabi sa iyo ang tungkol dito o kung maririnig mo
ito—pagkatapos ay dapat kang gumawa ng isang maingat na
pagsusuri. Kung totoo at tiyak ito na isang kasuklam-suklam
na bagay na natapos gawin sa Israel— 5 —pagkatapos
dapat mong dalhin ang lalaki o babae iyon, na nakagawa ng
masamang bagay sa tarangkahan ng inyong mga lungsod,
na ang lalaki o babaeng iyon, ay dapat batuhin hanggang sa
mamatay. 6 Sa bibig ng dalawang o tatlong mga saksi, ang
dapat mamatay ay hatulan ng kamatayan, pero sa bibig ng
isang saksi ay hindi siya dapat hatulan ng kamatayan. 7 Ang
kamay ng mga saksi ay dapat unang maglagay sa kaniya sa
kamatayan at pagkatapos ang kamay ng lahat ng mga tao;
at alisin mo ang kasamaan mula sa inyo. 8 Kung magkaroon
ng napakahirap na bagay sa iyo sa paghatol—marahil ang
isang katanungan ng pagpatay o aksidenteng kamatayan,
ng karapatan ng isang tao at karapatan ng ibang tao o isang
natatanging katanungan na masakit na nagawa o ibang uri
ng bagay—mga bagay na pagtatalo sa loob ng tarangkahan
ng inyong mga lungsod, pagkatapos dapat kayong umakyat
doon sa lugar na pinili ni Yahweh na inyong Diyos bilang
kaniyang santuwaryo. 9 Dapat kang pumunta sa mga pari,
ang mga kaapu-apuhan ni Levi at sa mga hukom na naging
tagasilbi ng panahong iyon, hahanapin mo ang kanilang
mga payo at ibibigay nila sa inyo ang paghatol. 10 Dapat
mong sundin ang batas na ibinigay sa inyo, sa lugar na pinili
ni Yahweh bilang kaniyang santuwaryo. Mag-iingat kayo sa
paggawa ng lahat ng bagay na kanilang pinapagawa sa
inyo. 11 Sundin ninyo ang batas na kanilang tinuro sa inyo
at gawin ayon sa mga pasya na kanilang ibibigay sa inyo.
Huwag kayong lumihis mula sa kung ano ang sasabihin
nila sa inyo, sa kanang kamay o sa kaliwa. 12 Sinuman sa
inyo ang nagmamayabang, sa hindi pakikinig sa pari na
tumatayo para magsilbi sa harapan ni Yahweh na inyong
Diyos, o sa hindi nakikinig sa hukom—ang taong iyon ay
mamamatay; aalisin ninyo ang masama mula sa Israel. 13
Dapat makarinig at matakot ang lahat ng mga tao at hindi
na magmayabang kailanman. 14 Kapag dumating kayo
sa lupain na ibibigay sa inyo ni Yahweh na iyong Diyos,
at kapag aangkinin ninyo ito at magsimulang manirahan
dito at pagkatapos sinabi ninyo, 'Magtatakda ako ng isang
hari para sa aking sarili, tulad ng lahat ng mga bansa na
nakapalibot sa akin,' 15 pagkatapos dapat ninyong tiyakin na
magtakda bilang isang hari para sa inyong sarili, isang tao
na siyang pipiliin ni Yahweh na inyong Diyos. Dapat kayong
magtakda ng isang hari para sa inyong sarili, isang tao na
mula sa inyong mga kapatid. Nawa'y hindi ka magtakda
ng isang dayuhan, na hindi ninyo kapatid, para sa inyong
sarili. 16 Pero hindi dapat siya magparami ng mga kabayo
para sa kaniyang sarili o magdulot sa mga tao na bumalik
sa Ehipto para sila ay magparami ng mga kabayo, dahil
sinabi ni Yahweh sa inyo, 'Mula ngayon hindi na dapat kayo
bumalik sa daang iyon.' 17 At hindi siya dapat magdagdag
ng mga asawa para sa kaniyang sarili, para ang kaniyang
puso ay hindi na tumalikod kay Yahweh; ni paramihin ng
lubusan ng pilak o ginto. 18 Kapag siya ay nakaupo sa
trono ng kaniyang kaharian, dapat siyang sumulat para sa
kaniyang sarili sa isang balumbon ng isang kopya ng batas
na ito, mula sa batas na mula sa mga pari, na mga Levita.
19 Ang balumbon ay dapat nasa kaniya at dapat niyang
basahin ang laman nito sa lahat ng araw ng kaniyang buhay,
para matutunan niyang parangalan si Yahweh na kaniyang
Diyos, nang sa gayon mapanatili ang lahat ng mga salita ng
kautusan at mga batas, para isagawa ang mga ito. 20 Dapat
niyang gawin ito para hindi magmataas ang kaniyang puso
sa kaniyang mga kapatid at para hindi siya lilihis mula sa
mga kautusan, sa kanan man o sa kaliwa, para sa layunin
na humaba ang kaniyang mga araw sa kaniyang kaharian,
siya at kaniyang mga anak, sa Israel.

18 Ang mga pari, na mga Levita, at ang lahat ng lipi ni
Levi, ay walang bahagi ni pamana sa Israel; dapat
nilang kainin ang mga handog kay Yahweh na gawa sa
apoy bilang kanilang pamana. 2 Dapat wala silang pamana
kasama ng kanilang mga kapatid na lalaki; si Yahweh ang
kanilang pamana, gaya ng sinabi niya sa kanila. 3 Ito ang
magiging bahagi ng mga nakatakdang pari mula sa mga tao,
mula sa kanila na naghahandog ng isang alay, maging ito ay
mga baka o tupa: dapat nilang ibigay sa pari ang balikat, ang
dalawang pisngi, at ang mga lamanloob. 4 Ang mga unang
bunga ng inyong butil, ng inyong bagong alak, at ng inyong
langis, at ang unang balahibo ng inyong tupa, dapat ninyong
ibigay sa kaniya. 5 Dahil pinili siya ni Yahweh na inyong
Diyos mula sa lahat ng inyong lipi para tumayong maglingkod
sa pangalan ni Yahweh, siya at ang kaniyang mga anak
na lalaki magpakailanman. 6 Kung may isang Levita na
dumating mula sa alinman sa inyong mga bayan na mula sa
buong Israel kung saan siya namumuhay, at nagnanais ng
buong kaluluwa na siya'y pumunta sa lugar na pipiliin ni
Yahweh, 7 sa gayon dapat siyang maglingkod sa pangalan
ni Yahweh na kaniyang Diyos gaya ng ginagawa ng lahat
ng kaniyang kapatid na Levita, na siyang tumayo roon sa
harapan ni Yahweh. 8 Dapat silang magkaroon ng parehong
bahagi para kainin, bukod sa kung ano ang dumating
mula sa pinagbilhan ng pamana ng kaniyang pamilya. 9
Kapag nakarating kayo sa lupaing ibibigay ni Yahweh na
inyong Diyos sa inyo, hindi ninyo dapat matutunan ang mga
kasuklam-suklam na bagay ng mga bansang iyon. 10 Walang
dapat na makitang isa sa inyo na ginagawang padaanin ang
kaniyang anak na lalaki o kaniyang anak na babae sa apoy,

sinumang gumagawa ng panghuhula, sinumang nagsasanay
ng hula, o alinmang mang-aakit, o alinmang mangkukulam,
**11** alinmang manggagayuma, sinumang nakipag-usap sa
patay, o sinumang nakikipag-usap sa mga espiritu. **12** Dahil
ang sinumang gumagawa ng mga bagay na ito ay kasuklam-
suklam kay Yahweh; dahil sa mga kasuklam-suklam na
bagay na ito palalayasin sila ni Yahweh na inyong Diyos
mula sa inyong harapan. **13** Wala dapat kayong bahid ng
kasalanan sa harapan ni Yahweh na inyong Diyos. **14** dahil
ang mga bansang ito na inyong sasakupin ay nakikinig sa
mga taong gumagawa ng pangkukulam at panghuhula; pero
para sa inyo, hindi kayo pinayagan ni Yahweh na inyong
Diyos na gawin iyon. **15** Magtatatag si Yahweh na inyong
Diyos ng isang propeta para sa inyo na mula sa inyo, isa sa
inyong mga kapatid, katulad ko. Dapat kayong makinig sa
kaniya. **16** Ito ang inyong hiningi mula kay Yahweh na inyong
Diyos sa Horeb ng araw ng pagpupulong, sa pagsasabing,
'Huwag nating hayaang marinig muli ang boses ni Yahweh
na ating Diyos, ni makita pa man ang malaking apoy na
ito, o tayo ay mamamatay.' **17** Sinabi ni Yahweh sa akin,
'Ang kanilang sinabi ay mabuti. **18** Magtatatag ako ng isang
propeta para sa kanila mula sa kanilang mga kapatid, na
katulad mo. Ilalagay ko ang aking mga salita sa kaniyang
bibig, at sasabihin niya sa kanila ang lahat ng iniutos ko sa
kanila. **19** Mangyayari ito kung mayroong hindi makikinig sa
aking mga salita na sinasabi niya sa aking pangalan, hihingin
ko ito sa kaniya. **20** Pero ang propetang magsasalita nang
may kayabangan sa aking pangalan, isang salita na hindi
ko iniutos sa kaniya na sabihin, o magsalita sa pangalan
ng ibang mga diyus-diyosan, ang propetang iyan ay dapat
na mamatay.' **21** Kung sasabihin ninyo sa inyong puso,
'Paano natin makikilala ang isang mensahe na hindi sinabi
ni Yahweh?'— **22** kapag magsasalita ang isang propeta
sa pangalan ni Yahweh, kung ang bagay na iyon ay hindi
maganap ni mangyari, kung gayon iyon ay isang bagay
na hindi sinabi ni Yahweh; sinasabi ito ng propeta ng may
kayabangan, at hindi kayo dapat matakot sa kaniya.

**19** Kapag hiniwalay ni Yahweh na inyong Diyos ang
mga bansa, iyong mga lupain na ibinibigay sa inyo
ni Yahweh na inyong Diyos, at kapag kayo ay dumating
kasunod nila at nanirahan sa kanilang mga lungsod at mga
bahay, **2** dapat kayong pumili ng tatlong lungsod para sa
inyong sarili sa gitna ng inyong lupain na ibibigay ni Yahweh
sa inyo para angkinin. **3** Dapat kayong gumawa ng isang
daanan at hatiin ang mga hangganan ng inyong lupain sa
tatlong bahagi, ang lupain na gagawin ni Yahweh na inyong
Diyos na inyong manahin, para ang bawat isang nakapatay
ng ibang tao ay maaaring tumakas doon. **4** Ito ang batas
para sa isang nakapatay ng kapwa at siyang tumakas doon
para mabuhay: sinumang nakapatay ng kaniyang kapitbahay
ng hindi sinasadya, na hindi niya dating kinamuhian— **5**
gaya nang isang taong pumunta sa kagubatan kasama ang
kaniyang kapitbahay para pumutol ng kahoy, at ipapalo ang
kaniyang kamay gamit ang palakol para pumutol ng isang
puno, at nadulas ang ulo mula sa hawakan at tinamaan ang
kaniyang kapitbahay kung kaya't namatay siya— kaya dapat
na tumakas ang taong iyon sa isa sa mga lungsod na iyon at
mabuhay. **6** Kung hindi maaaring habulin ng tagapaghiganti
sa dugo kung sino ang kumitil sa buhay, at sa matinding galit
maabutan siya dahil isang mahabang paglalakbay ito. At
hinampas niya siya at pinatay, kahit na hindi karapat-dapat
na mamatay ang taong iyon; at kaya't hindi siya karapat-
dapat sa parusang kamatayan dahil hindi niya kinamuhian
ang kaniyang kapit-bahay bago pa ito nangyari. **7** Kaya
inuutos ko sa inyo na pumili ng tatlong lungosod para sa
inyong sarili. **8** Kapag pinalawak ni Yahweh na inyong Diyos
ang inyong mga hangganan, gaya ng kaniyang ipinangakong
gagawin sa inyong mga ninuno, at ibibigay sa inyo ang
lahat ng lupain na ipinangako niyang ibibigay sa inyong
mga ninuno; **9** kung pananatilihin ninyo ang lahat ng mga
utos na ito para gawin ang mga ito, na inuutos ko sa inyo
ngayon—mga utos na ibigin si Yahweh na inyong Diyos at
lumakad palagi sa kaniyang mga kaparaanan, sa gayon
dapat kayong magdagdag ng tatlo pang lungsod para sa
inyong sarili, bukod sa tatlong ito. **10** Gawin ito para hindi
dumanak ang walang salang dugo sa gitna ng lupain na
ibibigay ni Yahweh na inyong Diyos sa inyo bilang isang
pamana, para walang dugo ng pagkakasala ang mapunta
sa inyo. **11** Pero kung sinuman ang nagagalit sa kaniyang
kapit-bahay, inabangan siya, mangibabaw laban sa kaniya,
at malubha siyang sinugatan kung kaya't namatay siya, at
kung tatakas siya papunta sa isa sa mga lungsod na iyon—
**12** dapat magpadala ang mga nakatatanda ng kaniyang
lungsod at dalhin siya pabalik mula roon, at ibigay siya sa
kamay ng mapagkakatiwalaang kamag-anak, para mamatay
siya. **13** Hindi dapat maawa ang inyong mata sa kaniya;
sa halip, dapat ninyong pawiin ang dugo ng pagkakasala
mula sa Israel, sa ikakabuti ninyo. **14** Hindi dapat ninyo
alisin ang mga palatandaan sa lupa ng inyong kapitbahay
na inilagay nila sa lugar ng mahabang panahon na ang
nakalipas, sa inyong pamana na inyong mamanahin, sa
lupaing ibibigay sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos para
angkinin. **15** Hindi dapat mangibabaw laban sa isang tao ang
isang tanging saksi para sa anumang kasalan, sa anumang
bagay siya nagkasala; sa bibig ng dalawang saksi, o sa
bibig ng tatlong saksi, dapat mapatunayan ang anumang
bagay. **16** Ipagpalagay na nangibabaw ang hindi matuwid
na saksi laban sa sinumang tao para magpatotoo laban sa

kaniyang maling gawain. 17 Pagkatapos silang dalawa, kung
sino sa pagitan nila ang may umiiral na pagtatalo, ay dapat
tumayo sa harapan ni Yahweh, sa harapan ng mga pari
at ng mga hukom na naglilingkod sa mga araw na iyon.
18 Dapat na gumawa ang mga hukom ng masigasig na
pagtatanong; tingnan, kung ang saksi ay isang bulaang saksi
at nagpahayag ng hindi totoo laban sa kaniyang kapatid,
19 kung gayon dapat ninyong gawin sa kaniya, ang nais
niyang gawin sa kaniyang kapatid; at maaalis ninyo ang
kasamaan mula sa inyo. 20 Pagkatapos silang mga naiwan
ay makakarinig at matatakot, at mula sa panahong iyon
hindi na gagawa pa ng anumang kasamaan sa gitna ninyo.
21 Hindi dapat maawa ang inyong mga mata; buhay ang
ibabayad para sa buhay, mata para sa mata, ngipin para sa
ngipin, kamay para sa kamay, paa para sa paa.

**20** Kapag martsa na kayo para makipagdigma laban sa
inyong mga kaaway, at nakakita ng mga kabayo, mga
karwaheng pandigma, at maraming bilang ng tao kaysa
inyo, hindi dapat kayo matakot sa kanila; dahil si Yahweh na
inyong Diyos ay kasama ninyo, na siyang nagdala sa inyo
palabas sa lupain ng Ehipto. 2 Kapag kayo ay malapit na sa
digmaan, dapat na lumapit ang pari at magsalita sa mga tao,
3 at sabihin sa kanila, 'Makinig kayo, Israel, malapit na kayo
ngayon sa digmaan laban sa inyong mga kaaway; huwag
kayong panghinaan ng loob; huwag kayong matakot, ni
manginig, ni matakot sa kanila; 4 dahil si Yahweh na inyong
Diyos ang siyang sasama sa ninyo para ipaglaban kayo
laban sa inyong mga kaaway at para kayo ay iligtas.' 5 Dapat
makipag usap ang mga opisyal sa mga tao at sabihing,
'Anong lalaki ang naroon na nagtayo ng isang bagong bahay
at hindi ito inihinandog? Hayaan mo siyang umalis at bumalik
sa kaniyang tahanan, para hindi siya mamatay sa labanan
at ibang tao ang maghandog nito. 6 Anong lalaki ang
naroon na siyang nagtanim ng isang ubasan at hindi nagamit
ang bunga nito? Hayaan mo siyang umalis at bumalik sa
kaniyang bahay, para hindi siya mamatay sa labanan at
ibang lalaki ang gagamit ng bunga nito. 7 Anong lalaki ang
naroon na siyang nakatakdang ipakasal sa isang babae
pero hindi pa niya pinakasalan? Hayaan mo siyang umalis
at bumalik sa kaniyang bahay para hindi siya mamatay sa
labanan at ibang lalaki ang mapangasawa niya.' 8 Ang mga
opisyal ay dapat pang magsalita sa mga tao at sabihing,
'Anong lalaki ang naroon na siyang natatakot o naduduwag?
Hayaan siyang umalis at bumalik sa kaniyang bahay, para
ang puso ng kaniyang kapatid ay hindi matunaw tulad ng
kaniyang sariling puso.' 9 Kapag natapos ng magsalita ang
mga opisyal sa mga tao, dapat silang magtalaga ng mga
mamumuno sa kanila. 10 Kapag kayo ay nagmartsa para
salakayin ang isang lungod, gumawa ng isang handog ng
pangkapayapaan sa mga taong iyon. 11 Kung tanggapin nila
ang inyong alok at buksan ang kanilang mga tarangkahan,
lahat ng mga taong matagpuan rito ay dapat sapilitang
magtrabaho para sa inyo at dapat na maglingkod sa inyo. 12
Pero kung walang mag-alok ng kapayapaan sa inyo, sa halip
ay makipagdigmaan laban sa inyo, kung ganun dapat ninyo
itong salakayin, 13 at kapag ibinigay na sa inyo ni Yahweh
na inyong Diyos ang tagumpay at ilagay sila sa ilalim ng
inyong pamamahala, dapat ninyong patayin ang bawat lalaki
sa bayan. 14 Pero ang mga kababaihan, ang mga bata,
mga baka, at lahat ng bagay na nasa lungsod, at lahat ng
mapapakinabangan nito, kunin bilang inyo samsam ang lahat
ng ito para sa iyong sarili. Gamitin ninyo ang nasamsam
mula sa inyong mga kaaway, na siyang si Yahweh na inyong
Diyos ang nagbigay sa inyo. 15 Dapat kayong kumilos sa
ganitong paraan tungo sa lahat ng mga lungsod na sadyang
malayo mula sa inyo, mga lungsod na hindi nabibilang sa
mga lungsod na sumusunod sa mga bansang ito. 16 Sa mga
lungsod ng mga taong ito na ibibigay ni Yahweh na inyong
Diyos bilang isang pamana, wala dapat kayong ililigtas
ng buhay sa mga humihinga. 17 Sa halip, ganap ninyo
silang wasakin: ang Heteo, ang Amoreo, ang Cananeo,
ang Perezeo, Heviteo, at ang Jebuseo, tulad ng inutos ni
Yahweh na inyong Diyos. 18 Gawin ninyo ito para hindi nila
kayo turuang kumilos sa alinmang mga kasuklam-suklam
na paraan, na ginawa nila sa kanilang mga diyus-diyusan.
Kung gagawin ninyo, magkakasala kayo laban kay Yahweh
na inyong Diyos. 19 Kapag sasalakayin ninyo ang isang
lungsod sa mahabang panahon, sa pakikipaglaban ninyo
dito para makuha ito, hindi ninyo dapat sirain ang mga puno
nito sa pagputol gamit ang palakol laban sa kanila. Dahil
maaari kayong kumain mula sa mga ito, kaya hindi ninyo
dapat sila putulin. Dahil ang puno ba sa bukid ay ang taong
dapat ninyong salakayin? 20 Ang mga puno lamang na
alam ninyong punong hindi makakain, ang maaari ninyong
wasakin at putulin; magtatayo kayo ng mga kuta laban
sa lungsod na nakikipag digma sa inyo, hanggang ito ay
bumagsak.

**21** Kung may isang taong natagpuang pinatay sa lupain
na ibibigay ni Yahweh na inyong Diyos sa inyo para
angkinin, na nakahiga sa bukid, at hindi matukoy kung sino
ang sumalakay sa kaniya; 2 sa gayon dapat lumabas ang
inyong mga nakatatanda at inyong mga hukom, at dapat
silang mag sukat sa mga lungsod na nakapalibot sa kaniya
na siyang pinatay. 3 At ang lungsod na pinakamalapit sa
taong pinatay—dapat kumuha ang mga nakatatanda nito
ng isang dumalagang baka mula sa mga hayop, isa na
hindi pa pinagtrabaho, na hindi pa nalagyan ng pamatok. 4
Dapat magdala ang mga nakatatanda ng lungod na iyon

ng dumalagang baka pababa sa isang lambak na may
umaagos na tubig, isang lambak na hindi pa na aararo ni
tinaniman, at dapat baliin ang leeg ng dumalagang baka
doon sa lambak. 5 Dapat lumapit ang mga pari, mga kaapu-
apuhan ni Levi, dahil sila ang pinili ni Yahweh na inyong
Diyos para paglingkuran siya at para pagpalain ang mga tao
sa pangalan ni Yahweh; makinig sa kanilang mga payo,
dahil ang kanilang salita ang magiging pasya sa bawat
pagtatalo at kaso ng pagsalakay. 6 Dapat hugasan ng
lahat ng nakatatanda ng lungsod na pinakamalapit sa taong
pinatay ang kanilang mga kamay sa ibabaw ng dumalagang
baka na binali ang leeg sa may lambak; 7 at dapat silang
sumagot sa kaso at sabihin, 'Hindi ang aming mga kamay
ang nagpadanak ng dugong ito, ni hindi ito nakita ng aming
mga mata. 8 Yahweh, Patawarin mo ang iyong mga tao sa
Israel na iyong iniligtas, at ipawalang sala para sa inosenteng
pagdanak ng dugo sa kalagitnaan ng iyong bayang Israel.'
Pagkatapos papatawarin sila sa pagdanak ng dugo. 9 Sa
ganitong paraan aalisin mo ang inosenteng dugo mula sa
inyong kalagitnaan, kung gagawin ninyo kung ano ang tama
sa mga mata ni Yahweh. 10 Kapag kayo ay lalabas para
makipagdigma laban sa inyong mga kaaway at ibinigay sa
inyo ni Yahweh na inyong Diyos ang tagumpay at inilagay
sila sa ilalim ng inyong pamamahala, dapat ninyo silang
dalhin bilang mga bihag. 11 Kung may makita kayo sa
mga bihag na isang magandang babae, at nagkagusto
kayo sa kaniya at ninais ninyo siyang kunin para maging
sarili ninyong asawa, 12 pagkatapos iuuwi ninyo siya sa
inyong bahay, aahitan niya ang kaniyang ulo at puputulin
ang kaniyang mga kuko. 13 Huhubarin niya ang suot-suot
niyang mga damit nang siya ay bihagin, at siya ay mananatili
sa inyong tahanan at magluluksa para sa kaniyang ama
at kaniyang ina ng isang buong buwan. Pagkatapos nito
maaari ka nang matulog kasama niya at magiging kaniyang
asawa, at siya ay magiging iyong asawa. 14 Pero kung
hindi ka nalugod sa kaniya, hayaan ninyo nalang siyang
pumunta kung saan niya hilingin. Pero hindi ninyo siya dapat
na ipagbili para lamang sa pera, at huwag ninyo siyang
ituring na parang isang alipin, dahil ipinahiya ninyo siya.
15 Kung ang isang lalaki ay may dalawang asawa, isang
minamahal at isang kinasusuklaman, at pareho silang may
mga anak sa kaniya— pareho sa minamahal na asawa
at ang kinasusuklamang asawa—kung ang panganay na
lalaking anak ay sa nasa kinasusuklaman, 16 sa gayon sa
araw na ang lalaki ay magbibigay ng pamana sa kaniyang
mga anak na lalaki na kanilang magiging pag-aari, hindi
niya maaring gawin ang anak na lalaki sa minamahal na
asawa na maging panganay na anak bago ang anak na
lalaki sa kinasusuklamang asawa, ang siyang tunay na
panganay na anak na lalaki. 17 Sa halip, dapat niyang
kilalanin ang panganay, ang anak na lalaki ng asawang
kinasusuklaman, sa pamamagitan ng pagbibigay sa kaniya
ng dobleng bahagi ng lahat ng kaniyang pag-aari; dahil
ang anak na lalaking iyon ang simula ng kaniyang lakas;
ang karapat ng unang anak ay pag aari niya. 18 Kung ang
isang lalaki ay may isang anak na lalaki na matigas ang
ulo at suwail na hindi sumusunod sa boses ng kaniyang
ama o sa boses ng kaniyang ina, at sinuman, kahit na
siya ay kanilang itinutuwid, hindi nakikinig sa kanila; 19 sa
gayon dapat lamang siyang pigilan ng kaniyang ama at
kaniyang ina at dalhin siya palabas sa mga nakatatanda ng
kaniyang lungsod at sa tarangkahan ng kaniyang siyudad.
20 Dapat nilang sabihin sa mga nakatatanda sa kaniyang
lungsod, 'Ang aming anak na lalaking ito ay matigas ang
ulo at suwail; hindi siya sumusunod sa aming boses; siya
ay isang matakaw at isang lasenggo.' 21 Pagkatapos ang
lahat ng kalalakihan sa kaniyang lungsod ay dapat batuhin
siya hanggang mamatay gamit ang mga bato; at maaalis
ninyo ang kasamaan mula sa inyo. Maririnig ito ng buong
Israel at matatakot. 22 Kung ang isang tao ay nakagawa ng
isang kasalanan na karapat dapat para sa kamatayan at
patayin siya, at ibitin ninyo siya sa isang puno, 23 sa gayon
ang kaniyang katawan ay hindi dapat manatili ng buong
gabi sa puno. Sa halip, dapat ninyo tiyakin at ilibing siya sa
araw ding iyon; sapagka't sinumang ibinitin ay isinumpa ng
Diyos. Sundin ang kautusang ito ng sa ganoon hindi ninyo
madungisan ang lupain na ibinigay ni Yahweh na inyong
Diyos bilang isang pamana.

**22** Hindi dapat ninyo pabayaan ang lalaking baka ng
inyong kapwa Israelita o ang kaniyang tupa ay naligaw
at itago ang inyong sarili mula sa kanila; dapat tiyakin
ninyong isauli ito sa kaniya. 2 Kung ang kapwa ninyo
Israelita ay hindi malapit sa inyo, o hindi ninyo siya kilala,
kung gayon iuwi ninyo ang hayop sa inyong tahanan, at
ito ay dapat nasa sa inyo hanggang hanapin niya ito, at
pagkatapos ito ay dapat ibalik ninyo sa kaniya. 3 Kailangan
gawin din ninyo ito sa kaniyang asno; kailangan gawin rin
ninyo ito sa kaniyang damit; kailangan gawin rin ninyo ito
sa bawat nawawalang bagay ng inyong kapwa Israelita,
anumang bagay na kaniyang nawala at inyong nakita; hindi
ninyo maaaring itago sa inyong sarili. 4 Hindi ninyo dapat
masdan lang ang asno ng inyong kasamahang Israelita o
ang kaniyang natumbang lalaking baka sa daan at itago ang
inyong sarili mula sa kanila; dapat tiyakin ninyong tulungan
siya para muling ibangon ito. 5 Ang isang babae ay hindi
dapat magsuot ng kung anong may kinalaman sa isang
lalaki, at ni ang isang lalaki ay magsuot ng pambabaeng
kasuotan; dahil kung sinuman ang gagawa ng mga bagay

na ito ay isang bagay na kasuklam-suklam para kay Yahweh
na inyong Diyos. 6 Kung ang isang pugad ng ibon ay
mangyaring nasa inyong harapan sa daanan, sa anumang
punong kahoy sa lupa, na may mga inakay o mga itlog sa
loob nito, at ang inang ibon na naglilimlim sa inakay o sa
ibabaw ng mga itlog, hindi ninyo dapat kunin ang inang ibon
kasama ang inakay. 7 Dapat tiyakin ninyong pakawalan ang
inang ibon, pero ang inakay ay maaring ninyong kunin sa
inyong sarili. Sundin ang utos na ito para maging mabuti
sa inyo, at para mapahaba ninyo ang inyong mga araw. 8
Kapag kayo ay nagpatayo ng isang bagong bahay, kung
gayon dapat gumawa kayo ng isang barandilya para sa
inyong bubong, para hindi kayo magdala ng dugo sa inyong
bahay, kung sinuman ang mahuhulog mula doon. 9 Dapat
hindi kayo magtanim sa inyong ubasan ng dalawang uri ng
buto, para ang buong ani ay hindi kunin ng banal na lugar,
ang buto na inyong hinasik at ang bunga ng ubasan. 10
Hindi dapat kayo mag-araro kasama ang isang lalaking baka
at isang asno ng magkasama. 11 Hindi dapat kayo magsuot
ng tela na gawa sa lana at lino ng magkasama. 12 Dapat
gawan ninyo ang inyong sarili ng mga palawit sa apat na
mga sulok ng balabal na inyong isusuot. 13 Ipagpalagay na
ang isang lalaki ay kumuha ng isang asawa, at sinipingan
niya, 14 at pagkatapos ay kinamuhian niya, at pinaratangan
niya ng nakakahiyang mga bagay at naglagay ng isang
masamang reputasyon sa kaniya, at sasabihing, 'Kinuha
ko itong babae, pero nang sinipingan ko siya, natuklasan
kong wala siyang katibayan sa kaniyang pagkabirhen' 15
Pagkatapos ang ama at ina ng babae ay dapat magpakita
ng katunayan ng kaniyang pagkabirhen sa mga nakatatanda
sa lungsod. 16 Ang ama ng dalaga ay dapat magsalita sa
mga nakatatanda, 'Ibinigay ko ang aking anak na babae sa
lalaking ito bilang isang asawa, at siya ay kinamuhian niya.
17 Tingnan ninyo, siya ay pinaratangan niya ng nakakahiyang
mga bagay at sinabi, “Wala akong nakitang katibayan sa
pagkabirhen ng inyong anak na babae”—gayon pa man ito
ay nagpapatunay sa pagkabirhen ng aking anak na babae.'
At pagkatapos ilalatag nila palabas ang damit sa harapan ng
mga nakatatanda ng lungsod. 18 Ang mga nakatatanda sa
lungsod na iyon ay dapat kunin ang lalaking iyon at siya ay
parusahan; 19 at pagmultahin ng isang daang shekel ng
pilak, at ibigay ang mga ito sa ama ng babae, dahil nilagyan
ng lalaki ng isang masamang kapurihan ang isang birhen ng
Israel. Dapat siya ay maging kaniyang asawa; hindi niya
maaaring palayasin siya sa buong buhay niya. 20 Pero kung
ang bagay na ito ay totoo, na ang katibayan ng pagkabirhen
ay hindi nakita sa babae, 21 kung gayon kailangan nilang
dalhin palabas ang babae sa pintuan ng bahay ng kaniyang
ama, at ang mga lalaki ng kaniyang lungsod ay dapat siyang
batuhin, hanggang siya ay mamatay, dahil siya ay gumawa
ng isang nakakahiyang asal sa Israel, na umasal gaya ng
isang bayarang babae sa bahay ng kaniyang ama; at aalisin
ninyo ang kasamaan mula sa inyo. 22 Kung ang isang lalaki
ay nakitang sumiping sa isang babae na kasal na sa ibang
lalaki, kung gayon silang dalawa ay dapat mamatay, ang
lalaking sumiping sa babae, at ang babae mismo; dapat
alisin ninyo ang kasamaan mula sa inyo. 23 Kung may isang
dalagang isang birhen, may kasunduang ipakakasal sa isang
lalaki, at may ibang lalaking nakakita sa kaniya sa lungsod at
sumiping sa kaniya, 24 dalhin silang dalawa sa tarangkahan
ng lungsod, at sila ay babatuhin hanggang mamatay. Dapat
ninyong batuhin ang babae, dahil hindi siya sumigaw, kahit
siya ay nasa lungsod. Dapat ninyong batuhin ang lalaki, dahil
nilapastangan niya ang asawa ng kaniyang kapwa; at aalisin
ninyo ang kasamaan na mula sa inyo. 25 Pero kung makita
ng lalaki sa bukid ang babae na may kasunduan ikakasal, at
sinunggaban niya ito at sinipingan, kung gayon tanging ang
lalaking sumiping sa kaniya ang dapat mamatay. 26 Pero
sa dalaga, wala kayong dapat gawin; walang kasalanan
na kamatayan ang nararapat sa dalaga. Dahil ang kasong
ito ay katulad nang isang lalaking umatake sa kaniyang
kapwa at pinatay niya. 27 Dahil siya ay nakita niya sa bukid;
sumigaw ang babaeng may kasunduang ipakakasal, pero
wala doon ni isa para siya ay iligtas. 28 Kung makakita ang
isang lalaki ng isang dalaga na isang birhen pero walang
pang kasunduang ipakakasal, at kung siya ay sinunggaban
niya at sinipingan, at kung sila ay natuklusan, 29 sa gayon
ang lalaking sumiping sa kaniya ay dapat magbigay ng
limampung mga shekel na pilak sa ama ng babae, at siya ay
dapat maging kaniyang asawa, dahil ipinahiya niya siya.
Hindi niya maaaring palayasin siya sa buong buhay niya. 30
Hindi dapat kunin ng isang lalaki ang asawa ng kaniyang
ama bilang sa kaniya; hindi niya dapat kunin ang karapatan
ng pag-aasawa ng kaniyang ama.

**23** Sinumang lalaki na ang kanilang mga pribadong bahagi
ay nadurog o naputol ay hindi maaaring mapabilang
sa kapulungan ni Yahweh. 2 Walang anak sa labas ang
maaaring mapabilang sa kapulungan ni Yahweh; hanggang
sa ikasampung salinlahi ng kaniyang mga kaapu-apuhan,
wala sa kanila ang maaaring mapabilang sa kapulungan
ni Yahweh. 3 Isang Ammonita o isang Moabita ay hindi
maaaring mapabilang sa kapulungan ni Yahweh; hanggang
sa ikasampung salinlahi ng kaniyang mga kaapu-apuhan,
wala sa kanila ang maaaring mapabilang sa kapulungan
ni Yahweh. 4 Ito ay dahil hindi nila kayo sinalubong ng
may tinapay at tubig sa daan, noong kayo ay lumabas sa
Ehipto, at dahil inupahan nila laban sa inyo si Balaam ang
anak na lalaki ni Beor mula Petor sa Aram Naharaim, para

sumpain kayo. 5 Pero si Yahweh na inyong Diyos ay hindi
nakinig kay Balaam; sa halip, si Yahweh na inyong Diyos ay
ginawa pagpapala ang mga sumpa para sa inyo, dahil si
Yahweh na inyong Diyos ay minahal kayo. 6 Hindi ninyo
dapat hanapin ang kanilang kapayapaan o kaunlaran, sa
lahat ng inyong araw. 7 Hindi ninyo dapat kamuhian ang
isang Edomita, dahil siya ay kapwa ninyo Israelita; hindi
ninyo dapat kasuklaman ang isang taga-Ehipto, dahil kayo
ay dating isang dayuhan sa kaniyang lupain. 8 Ang mga
kaapu-apuhan ng ikatlong salinlahi na isinilang sa kanila
ay maaaring mapabilang sa kapulungan ni Yahweh. 9
Kapag kayo ay maglalakad bilang isang hukbo laban sa
inyong mga kaaway, dapat ninyong bantayan ang inyong
mga sarili mula sa masasamang bagay. 10 Kung mayroon
man sa inyong isang lalaki na marumi dahil sa nangyari sa
kaniya kinagabihan, dapat siyang lumabas sa kampo ng
mga sundalo; hindi siya dapat bumalik sa kampo. 11 Kapag
sumapit na ang gabi, dapat niyang paliguan ang kaniyang
sarili sa tubig, kapag lumubog na ang araw, maaari na siyang
bumalik sa loob ng kampo. 12 Dapat kayong magkaroon ng
isang lugar sa labas ng kampo kung saan maaari kayong
pumunta; 13 at magkaroon kayo sa inyong mga kagamitan
ng magagamit panghukay; kapag kayo ay tumingkayad para
maginhawaan ang inyong sarili, dapat kayong maghukay
gamit ito at pagkatapos ay lagyan muli ng lupa para takpan
ang anumang lumabas mula sa inyo. 14 Dahil si Yahweh na
inyong Diyos ay naglalakad sa gitna ninyo para bigyan kayo
ng tagumpay at ibigay ang inyong mga kalaban sa inyo. Kaya
dapat ninyong gawing banal ang kampo, nang sa ganun
wala siyang makitang maruming bagay sa inyo at tumalikod
mula sa inyo. 15 Hindi ninyo dapat ibalik sa kaniyang amo
ang isang alipin na tumakas mula sa kaniyang amo. 16
Hayaan ninyo siyang manirahan kasama ninyo, sa anumang
bayan na kaniyang pipiliin. Huwag ninyo siyang pahirapan.
17 Hindi dapat magkaroon ng bayarang babae sa sinuman
sa mga anak na babae ng Israel, ni hindi dapat magkaroon
ng bayarang lalaki sa mga anak na lalaki ng Israel. 18 Hindi
dapat kayo magdala ng mga kabayaran sa isang bayarang
babae, o mga kabayaran sa isang bayarang lalaki, sa bahay
ni Yahweh na inyong Diyos sa anumang panata; dahil ang
dalawang bagay na ito ay kasuklamsuklam kay Yahweh na
inyong Diyos. 19 Hindi dapat kayo magpahiram ng may tubo
sa kapwa ninyo Israelita—tubo sa pera, tubo sa pagkain,
o tubo sa kahit na anong pinapahiram na may tubo. 20
Sa isang dayuhan ay maaari kayong magpahiram ng may
tubo; pero sa inyong kapwa Israelita ay hindi kayo dapat
magpahiram ng mayroong tubo, para pagpalain kayo ni
Yahweh na inyong Diyos sa lahat ng paglagyan ng inyong
kamay, sa lupain kung saan ay inyong aangkinin. 21 Kapag
kayo ay gumawa ng panata kay Yahweh na inyong Diyos,
hindi dapat kayo matagal sa pagtupad nito, dahil si Yahweh
na inyong Diyos ay tiyak hihingiin ito sa inyo; magiging
kasalanan ito kapag hindi ninyo ito tutuparin. 22 Pero kung
pipigilan ninyo ang inyong sarili sa pag-gawa ng isang
panata, ito ay hindi na magiging kasalanan sa inyo. 23 Ang
lumabas sa inyong mga labi ay dapat ninyong tuparin at
gawin; ayon sa inyong naipanata kay Yahweh na inyong
Diyos, anumang bagay na malaya ninyong naipangako sa
pamamagitan ng inyong bibig. 24 Kapag kayo ay pumunta
sa ubasan ng inyong kapitbahay, maaari kayong kumain ng
dami ng mga ubas hanggang sa nais ninyo, Pero huwag
kayong maglagay ng ilan man sa inyong buslo. 25 Kapag
kayo ay pumunta sa hinog na bunga ng inyong kapitbahay,
maaari ninyong pitasin ang mga ulo ng butil sa pamamagitan
ng inyong kamay, pero huwag ninyong lagyan ng karit sa
hinog na butil ng inyong kapitbahay.

**24** Kapag ang isang lalaki ay kumuha ng isang asawa
at pinakasalan niya, kung wala siyang nakitang pabor
sa kaniyang mga mata dahil nakakita siya ng hindi angkop
na bagay sa kaniya, dapat siyang sumulat ng liham ng
pagkakahiwalay, ilagay ito sa kaniyang kamay at palabasin
siya sa kaniyang bahay. 2 Kapag siya umalis sa kaniyang
bahay, maaari siyang umalis at maging asawa ng ibang
lalaki. 3 Kung ang pangalawang asawang lalaki ay napoot sa
kaniya at sinulatan siya ng isang kasulatan ng paghihiwalay,
inilalagay ito sa kaniyang kamay at pinaalis niya sa kaniyang
bahay; o kung namatay ang pangalawang asawang lalaki,
ang lalaking kumuha sa kaniya para magiging kaniyang
asawa— 4 pagkatapos ang kaniyang dating asawa na unang
nagpalayas sa kaniya, maaaring hindi niya ito tanggapin na
kaniyang asawa, matapos na siya'y maging marumi, dahil
iyon ay hindi kalugod-lugod sa harapan ni Yahweh. Hindi
ka dapat na magdulot sa lupain na maging makasalanan,
ang lupain na ibibigay ni Yahweh na inyong Diyos bilang
isang pamana. 5 Kapag ang lalaki ay kumuha ng bagong
asawa, hindi siya sasama sa labanan kasama ang hukbo,
ni utusan ng sapilitang tungkulin; siya ay malaya na nasa
kaniyang bahay sa loob ng isang taon at magpapasaya sa
kaniyang asawa na kaniyang kinuha. 6 Walang tao ang
maaaring kumuha ng gilingan o sa mataas na gilingang bato
bilang isang sangla, dahil iyon ay pagkuha ng buhay ng taoo
bilang kasunduan. 7 Kung ang isang tao ay natagpuang
dinudukot ang sinuman sa kaniyang mga kapatid mula sa
bayan ng Israel at pinakitunguhan niya bilang isang alipin at
binenta siya, ang magnanakaw na iyon ay dapat mamatay;
at alisin ninyo ang kasamaan sa inyo. 8 Pakinggang mabuti
ang tungkol sa anumang sakit ng ketong, sa gayon bigyan
ninyo ng mainamn na pansin at sumunod sa bawat tagubilin

sa inyo ng mga pari, na mga levita, na nagturo sa inyo;
ayon sa iniutos ko sa kanila, para kayo ay kumilos. 9
Isaisip kung ano ang ginawa ni Yahweh na iyong Diyos kay
Miriam, nang kayo'y lumabas sa Ehipto. 10 Kapag ikaw
ay magpapahiram sa inyong kapitbahay ng anumang uri
ng utang, huwag kayong papasok sa kaniyang bahay para
kunin ang kaniyang inutang. 11 Ikaw ay tatayo sa labas
at ang taong inyong pinahiram ay dadalhin sa labas ang
uinutang niya sa inyo. 12 Kung siya ay isang taong mahirap,
huwag kayong matulog sinangla niya na nasa inyong pag-
aari. 13 Kapag lumubog ang araw, siguraduhing isuli sa
kaniya ang sinangla niya sa paglubog ng araw, para siya
ay makatulog sa kaniyang balabal at pagpalain ka, ito ay
magiging matuwid sa harapan ni Yahweh na iyong Diyos. 14
Hindi dapat ninyo pahirapan ang isang inuupahang lingkod
na mahirap at nangangailangan, maging siya ay kapwa
mong mga Israelita, o mga dayuhan na nasa inyong lupain
sa loob ng tarangkahan ng inyong lungsod; 15 Bawat araw
dapat ninyo ibigay sa kaniya ang kaniyang sahod, dapat
hindi lulubog ang araw na hindi siya mabayaran, dahil siya ay
mahirap at umaasa dito. Gawin ito para hindi siya dumaing
kay Yahweh laban sa inyo at hindi ito magiging kasalanan
na iyong nagawa. 16 Hindi dapat patayin ang mga magulang
para sa kanilang mga anak, ni ang mga anak ay papatayin
para sa kanilang mga magulang; sa halip, bawat isa ay dapat
patayin para sa sariling nilang kasalanan. 17 Huwag ninyong
piliting ilayo ang hustisya na nararapat sa dayuhan o as ulila,
o kunin ang damit ng balo bilang kabayaran sa utang. 18 Sa
halip, dapat ninyong isaisip na kayo ay isang alipin sa Ehipto
at si Yahweh na inyong Diyos ay iniligtas kayo mula doon.
Samakatuwid, tinuturuan ko kayo na sumunod sa utos na
ito. 19 Kapag kayo ay mag-aani sa inyong bukid at nakalimot
kayo ng isang bigkis sa bukid, hindi na dapat ninyo kunin
ito, para na ito sa mga dayuhan, sa mga ulila, o sa balo,
para pagpalain kayo ni Yahweh na inyong Diyos sa lahat ng
gawain ng inyong mga kamay. 20 Kapag inalog niyo ang
puno ng olibo, dapat hindi na ninyo babalikang muli ang mga
sanga, para na ito sa mga dayuhan, sa mga ulila, o sa balo.
21 Kapag pinagtipon-tipon ninyo ang mga ubas sa inyong
ubasan, hindi mo na dapat pulutin ang nasa likuran mo, ito
ay para na sa dayuhan, sa mga ulila, o sa balo. 22 Dapat
ninyong isaisip na kayo ay naging isang alipin sa lupain ng
Ehipto; kaya't itinuturo ko sa inyo na sundin ang utos na ito.

**25** Kung may pagtatalo sa pagitan ng mga tao at pumunta
sila sa hukuman, at hinatulan sila ng mga hukom, sa
gayon ay pawawalang sala nila ang matuwid at parurusahan
ang masama. 2 Kung ang maysala ay nararapat hampasin,
sa gayon padadapain siya ng hukom at hahampasin sa
kanilang presensya sa dami ng iniutos na palo, ayon sa
kaniyang krimen. 3 Maaari siyang bigyan ng hukom ng
apatnapung palo, pero hindi siya dapat lumampas sa bilang
na iyon; dahil kung lalampas siya sa bilang na iyon at
hampasin siya ng higit na maraming palo, sa gayon ay
mapapahiya ang kapwa ninyo Israelita sa inyong harapan. 4
Hindi dapat ninyo busalan ang lalaking baka kapag siya
ay naggigiik ng butil. 5 Kung ang magkapatid na lalaki ay
magkasamang namumuhay at namatay ang isa sa kanila, na
hindi nagkaroon ng anak, sa gayon ang asawa ng namatay
na lalaki ay hindi dapat ipakasal sa ibang tao sa labas
ng pamilya. Sa halip, ang kapatid ng kaniyang asawa ay
dapat siyang sipingan at kunin siya sa kaniyang sarili bilang
kaniyang asawa, at gawin ang tungkulin ng kaniyang kapatid
bilang asawa niya. 6 Para ang unang niyang ipanganak ang
papalit sa pangalan ng namatay na kapatid ng lalaking iyon,
para ang pangalan niya ay hindi maglaho mula sa Israel.
7 Pero kung ang lalaki ay hindi nais kunin ang asawa ng
kaniyang kapatid para sa kaniyang sarili, kung gayon ang
asawa ng kapatid ay dapat umakyat sa tarangkahan sa mga
nakatatanda at sabihin, 'Ang kapatid ng aking asawa ay
tumatangging tumayo para sa pangalan ng kaniyang kapatid
sa Israel; ayaw niyang gampanan ang tungkulin ng isang
kapatid ng asawa para sa akin.' 8 Pagkatapos ang mga
nakatatanda ng kaniyang lungsod ay dapat siyang tawagin
at kausapin siya. Pero ipagpalagay na magpumilit siya at
sabihin, Hindi ko nais na kunin siya.' 9 Sa gayon ang asawa
ng kapatid niya ay dapat pumunta sa kaniya sa presensya
ng mga nakatatanda, hubarin ang kaniyang sandalyas mula
sa kaniyang paa, at duraan ang kaniyang mukha. Dapat niya
siyang sagutin at sabihan, 'Ito ang ginagawa sa lalaking hindi
itataguyod ang bahay ng kaniyang kapatid.' 10 Ang kaniyang
pangalan ay tatawagin sa Israel, 'Ang bahay niya na ang
sandalyas ay hinubad.' 11 Kung ang mga lalaki ay mag-
away, at ang asawa ng isa ay dumating para ipagtanggol
ang kaniyang asawa mula sa kamay niya na humampas sa
kaniya, at kung iunat niya ang kaniyang kamay at hawakan
siya sa mga pribadong bahagi, 12 sa gayon ay dapat ninyong
putulin ang kaniyang kamay; ang inyong mata ay hindi
dapat maawa. 13 Hindi dapat kayo magkaroon sa inyong
lalagyan ng magkakaibang timbangan, isang malaki at isang
maliit. 14 Hindi dapat kayo magkaroon sa inyong bahay ng
magkakaibang sukatan, isang malaki at isang maliit. 15
Isang ganap at tapat na timbangan ang dapat mayroon kayo;
isang ganap at tapat na sukatan ang dapat mayroon kayo,
para humaba ang inyong mga araw sa lupaing ibinibigay sa
inyo ni Yahweh. 16 Dahil ang lahat ng gumagawa ng mga
bagay na iyon, lahat ng kumikilos nang hindi matuwid, ay
isang kasuklam-suklam kay Yahweh na inyong Diyos. 17
Isaisip kung ano ang ginawa sa inyo ng taga-Amalek sa

daan habang palabas kayo mula sa Ehipto, 18 kung paano
niya kayo sinalubong sa daan at sinalakay kayo sa likuran,
lahat na mahina sa inyong likuran, nang kayo ay nanghina
at pagod; hindi niya pinarangalan ang Diyos. 19 Kaya, kapag
binigyan kayo ni Yahweh na inyong Diyos ng pahinga mula
sa lahat ng inyong mga kaaway na nakapalibot, sa lupain
na ibibigay ni Yahweh na inyong Diyo para angkinin bilang
isang pamana, hindi dapat ninyo kalimutan na dapat ninyong
pawiin ang alaala ng taga-Amalek mula sa silong ng langit.

26 Kapag dumating kayo sa lupaing ibinibigay sa inyo ni
Yahweh na inyong Diyos bilang pamana, at naangkin
na ninyo iyon at nanirahan doon, 2 sa gayon dapat ninyong
kunin ang ilan sa lahat ng mga naunang ani sa lupain na
dinala ninyo mula sa lupaing ibinibigay sa inyo ni Yahweh
na inyong Diyos. Dapat ninyong ilagay iyon sa basket at
pumunta sa lugar na pipiliin ni Yahweh na inyong Diyos na
kaniyang santuwaryo. 3 Dapat kayong pumunta sa pari
na naglilingkod sa mga araw na iyon at sabihin sa kaniya,
'Kinikilala ko ngayon si Yahweh na iyong Diyos kaya pumarito
ako sa lupaing ipinangako ni Yahweh sa ating mga ninuno
na ibibigay sa atin.' 4 Kukunin ng pari ang basket mula sa
inyong kamay at ilalagay ito sa harapan ng altar ni Yahweh
na inyong Diyos. 5 Dapat ninyong sabihin sa harapan ni
Yahweh na inyong Diyos, 'Ang aking ninuno ay isang pagala-
galang Arameo. Bumaba siya sa Ehipto at nanatili roon,
at ang kaniyang lahi ay kakaunti ang bilang. Doon siya ay
naging dakila, malakas at mataong bansa. 6 Ang mga taga-
Ehipto ay pinakitunguhan kami ng masama at pinahirapan
kami. Pinagawa nila sa amin ang gawain ng mga alipin. 7
Humingi kami ng tulong kay Yahweh, ang Diyos ng aming
mga ama, at narinig niya ang aming boses at nakita ang
aming paghihirap, ang aming trabaho, at ang aming pagtitiis
sa hirap. 8 Inilabas kami ni Yahweh mula sa Ehipto na may
makapangyarihang kamay, nang pagpapakita ng kaniyang
kapangyarihan, na labis na nakakatakot, na may mga tanda,
at mga kamangha-manghang bagay; 9 at dinala kami sa
lugar na ito at ibinigay sa amin ang lupaing ito, isang lupaing
dinadaluyan ng gatas at pulot. 10 Ngayon tingnan, dinala
ko ang unang ani ng lupain sa iyo Yahweh, na nagbigay
sa akin.' Dapat ninyong ilagay ito sa harapan ni Yahweh
na inyong Diyos at siya'y sambahin sa kaniyang harapan;
11 at dapat kayong magsaya sa lahat ng mabuting ginawa
ni Yahwen na inyong Diyos para sa inyo, para sa inyong
tahanan—kayo, at ang Levita, at ang dayuhang kasama
ninyo. 12 Kapag natapos kayo sa pagbibigay ng lahat ng
ikapu ng inyong ani sa ikatlong taon, iyon ay, ang taon ng
pag-iikapu, kung gayon dapat ninyong ibigay ito sa Levita,
sa dayuhan, sa ulila, at sa balo, para makakain sila sa loob
ng mga tarangkahan ng inyong lungsod at mabusog. 13
Dapat ninyong sabihin sa harapan ni Yahweh na inyong
Diyos, 'Inilabas ko mula sa aking tahanan ang mga bagay na
nabibilang kay Yahweh, at ibinigay ang mga iyon sa Levita,
sa dayuhan, sa ulila, at sa balo, ayon sa lahat ng mga utos
na ibinigay mo sa akin. Hindi ako sumuway sa anuman sa
iyong mga utos, ni kalimutan ang mga ito. 14 Hindi ko kinain
ang anuman sa mga ito sa aking pagluluksa, ni inilagay ito
sa ibang lugar nang ako ay marumi, hindi ko ibinigay ang
anuman nito sa karangalan ng patay. Nakinig ako sa boses
ni Yahweh na aking Diyos; sinunod ko lahat ng bagay na
inutos mong gawin ko. 15 Tumingin pababa mula sa banal
na lugar kung saan ka nakatira, mula sa langit, at pagpalain
ang iyong bayang Israel, at ang lupaing ibinigay mo sa amin,
tulad ng ipinangako mo sa aming mga ama, isang lupaing
dinadaluyan ng gatas at pulot.' 16 Sa araw na ito si Yahweh
na inyong Diyos ay inuutusan kayong sundin ang mga batas
at panuntunang ito; sa gayon panatilihin ninyo ang mga ito
at gawin ng inyong buong puso at inyong buong kaluluwa.
17 Kinilala ninyo ngayon na si Yahweh ay inyong Diyos, at
lalakad kayo sa kaniyang mga kaparaanan at susundin ang
kaniyang mga batas, kaniyang mga utos, at kaniyang mga
panuntunan, at makikinig kayo sa kaniyang boses. 18 At
sa araw na ito kayo ay kinilala ni Yahweh na mga taong
kaniyang pag-aari, tulad ng pinangako niyang gawin sa inyo,
at ndapat ninyong sundin ang lahat ng kaniyang mga utos.
19 Si Yahweh ay kinilala ngayon na ilalagay niya kayo ng
mataas sa ibabaw ng lahat ng ibang mga bansang ginawa
niya, sa respeto para papurihan, para sa pagkakilala, at
para prangalan. Kayo ay magiging mga taong ibinukod para
kay Yahweh na inyong Diyos, gaya ng sinabi niya."

27 Inutusan ni Moises at ng mga nakatatanda ng Israel
ang mga tao at sinabi, "Sundin ang lahat ng mga
utos na sinasabi ko sa inyo ngayon. 2 Sa araw na inyong
tatawirin ang Jordan patungo sa lupain na ibibigay sa inyo ni
Yahweh na inyong Diyos, dapat maglagay kayo ng ilang
malalaking mga bato at ito'y palitadahan ang ito ng palitada.
3 Dapat ninyong isulat ang lahat ng mga salita ng kautusang
ito kapag nakatawid na kayo; upang makapunta kayo sa
lupain na ibibigay sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos, isang
lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot, tulad ng ipinangako
ni Yahweh sa inyo, ang Diyos ng inyong mga ninuno. 4
Kapag nakatawid na kayo ng Jordan, ilagay ninyo ang mga
batong ito sa Bundok Ebal na iniutos ko sa inyo ngayon,
at ito'y palitadahan ito ng palitada. 5 Doon dapat kayong
magtayo ng altar para kay Yahweh na inyong Diyos, isang
altar ng mga bato; pero hindi ninyo dapat gagamitan ng
kasangkapang bakal ang pagtatayo ng mga bato. 6 Dapat
magtayo kayo ng altar ni Yahweh na inyong Diyos ng mga
hindi hinugisang bato; dapat ninyong ialay doon ang mga

handog na susunugin para kay Yahweh na inyong Diyos, 7
at mag-aalay kayo ng mga handog para sa pagtitipon-tipon
at kumain doon; magdiriwang kayo sa harap ni Yahweh na
inyong Diyos. 8 Isusulat ninyo sa mga bato ang lahat ng mga
salita ng kautusang ito ng malinaw.” 9 Nagsalita si Moises at
ang mga pari, ang mga Levita, sa buong Israel at sinabing,
“Kayo ay tumahimik at makinig, Israel: Ngayon naging lahi
na kayo ni Yahweh na inyong Diyos. 10 Sa gayon, Dapat
ninyong sundin ang boses ni Yahweh na inyong Diyos at
sundin ang kaniyang mga utos at mga batas na sinasabi ko
sa inyo ngayon.” 11 Sa araw ding iyon inutusan ni Moises
ang mga tao at sinabi, 12 “Pagkatapos ninyong tawirin ang
Jordan, dapat tumayo ang mga liping ito sa Bundok Gerizim
para pagpalain ang mga tao: sina Simeon, Levi, Juda, Isacar,
Jose, at Benjamin. 13 At dapat tumayo ang mga liping ito
sa Bundok ng Ebal para bigkasin ang mga sumpa: sina
Ruben, Gad, Aser, Zabulon, Dan, at Naftali. 14 Ang mga
Levita ay sasagot at sasabihin sa lahat ng mga kalalakihan
ng Israel sa malakas na boses: 15 'Nawa'y isumpa ang
taong gumagawa ng isang inukit o hinulmang anyo, isang
bagay na nakasusuklam kay Yahweh, ang gawa ng mga
kamay ng isang manggagawa lalaki, at siyang naglagay
nito ng palihim.' At lahat ng mga tao ay dapat sumagot at
magsabi ng, 'Amen.' 16 'Nawa'y isumpa ang taong hind
pinaparangalan ang kaniyang ama o sa kaniyang ina.' At
lahat ng mga tao ay dapat magsabing, 'Amen.' 17 'Nawa'y
isumpa ang taong magtatanggal ng palatandaan sa lupa ng
kaniyang kapitbahay.' At lahat ng mga tao ay dapat magsabi
ng, 'Amen.' 18 'Nawa'y isumpa ang taong inililigaw ang
bulag mula sa daan.' At lahat ng mga tao ay dapat magsabi
ng, 'Amen.' 19 'Nawa'y isumpa ang taong nagkakait ng
katarungan na nararapat sa isang dayuhan, ulila, o balo.' At
lahat ng mga tao ay dapat magsabi ng, 'Amen.' 20 'Nawa'y
isumpa ang taong sumiping sa asawa ng kaniyang ama,
dahil kinuha niya ang karapatan ng kaniyang ama.' At lahat
ng mga tao ay dapat magsabi ng, 'Amen.' 21 'Nawa'y isumpa
ang taong sumiping sa anumang uri ng hayop.' At lahat ng
mga tao ay dapat magsabi ng, 'Amen.' 22 'Nawa'y isumpa
ang taong sumiping sa kaniyang kapatid na babae, ang
anak na babae ng kaniyang ama, o sa anak na babae ng
kaniyang ina.' At lahat ng mga tao ay dapat magsabi ng,
'Amen.' 23 'Nawa'y isumpa ang taong sumiping sa kaniyang
biyenang babae.' At lahat ng mga tao ay dapat magsabi ng,
'Amen.' 24 'Nawa'y isumpa ang taong lihim na pinatay ang
kaniyang kapwa.' At lahat ng mga tao ay dapat magsabi ng,
'Amen.' 25 'Nawa'y isumpa ang taong tumatanggap ng isang
suhol para pumatay ng taong walang kasalanan.' At lahat ng
mga tao ay dapat magsabi ng, 'Amen.' 26 'Nawa'y isumpa
ang taong hindi magpatunay sa mga salita ng kautusang
ito, para sundin ang mga ito.' At lahat ng mga tao ay dapat
magsabi ng, 'Amen.'

**28** Kung makikinig kayo ng mabuti sa boses ni Yahweh na
inyong Diyos para sundin ang lahat ng kaniyang mga
kautusan na sinasabi ko ngayon sa inyo, Itataas kayo ni
Yahweh na inyong Diyos mula sa lahat ng ibang mga bansa
sa mundo. 2 Lahat ng mga biyayang ito ay dadating sa inyo
at aabutan kayo, kung makinig kayo sa boses ni Yahweh
na inyong Diyos. 3 Pagpapalain kayong nasa lungsod at
pagpapalain kayong nasa kabukiran. 4 Pagpapalain ang
bunga ng inyong katawan, at ang bunga ng inyong lupa,
at ang bunga ng inyong mga hayop, ang pagdami ng
inyong mga baka, at ang mga guya ng inyong kawan. 5
Pagpapalain ang inyong buslo at ang inyong labangan ng
pagmamasa. 6 Pagpapalain kayo kapag kayo ay pumasok,
at pagpapalain kayo kapag kayo ay lumabas. 7 Dudulutin ni
Yahweh sa ang inyong mga kaaway na kumakalaban sa
inyo na mapabagsak sa inyong harapan; lalabas sila laban
sa inyo sa isang daanan, pero tatakasan kayo sa pitong
mga daanan. 8 Uutusan ni Yahweh ang biyaya na pumunta
sa inyo sa inyong mga kamalig at sa lahat ng madapuan
ng inyong mga kamay; bibiyayaan niya kayo sa lupain na
ibibigay niya sa inyo. 9 Itatatag kayo ni Yahweh bilang mga
tao na nakalaan para sa kaniya, gaya ng ipinangako niya sa
inyo, kung susundin ninyo ang mga kautusan ni Yahweh na
inyong Diyos, at lalakad sa kaniyang mga pamamaraan.
10 Lahat ng mga tao sa mundo ay makikitang kayo ay
tinawag sa pangalan ni Yahweh, at matatakot sila sa inyo.
11 Gagawin kayo ni Yahweh na maging labis na masagana
sa bunga ng inyong katawan, sa bunga ng inyong baka, sa
bunga ng inyong lupa, sa lupain na kaniyang ipinangako sa
inyong mga ama na ibibigay sa inyo. 12 Bubuksan ni Yahweh
para sa inyo ang kaniyang bahay-imbakan ng kalangitan
para magbigay ng ulan para sa inyong lupain sa tamang
panahon, at pagpapalain lahat ng gawa ng inyong kamay;
magpapahiram kayo sa maraming bansa, pero hindi kayo
manghihiram. 13 Gagawin kayo ni Yahweh na ulo at hindi
buntot, magiging nasa itaas lamang kayo at kailanman hindi
mapapasailalim, kung makikinig kayo sa mga kautusan ni
Yahweh na inyong Diyos na sinasabi ko sa inyo ngayon, para
gunitain at gawin ang mga ito, 14 at kung hindi kayo tataliwas
palayo mula sa kahit na anong mga salita na sinasabi ko sa
inyo ngayon, sa kanan o kaliwa, para sumunod sa ibang
mga diyos para paglingkuran sila. 15 Pero kung hindi kayo
makikinig sa boses ni Yahweh na inyong Diyos, at sundin
ang lahat ng kaniyang mga kautusan at kaniyang mga
batas na sinasabi ko sa inyo ngayon, darating ang mga
sumpang ito sa inyo at matatabunan kayo. 16 Isusumpa
kayong mga nasa lungsod, at isusumpa kayong mga nasa

kabukiran. 17 Isusumpa ang inyong mga buslo at ang inyong
labangan ng pagmamasa. 18 Isusumpa ang bunga ng inyong
katawan, ang bunga ng inyong lupa, ang paglago ng inyong
mga baka, at anak ng inyong kawan. 19 Isusumpa kayo
kapag kayo ay pumasok, at isusumpa kayo kapag kayo
ay lumabas. 20 Magpapadala si Yahweh sa inyo ng mga
sumpa, pagkalito, at mga pagtutuwid sa lahat ng bagay na
gagamitan ninyo ng inyong kamay, hanggang sa kayo ay
mawasak, at hanggang sa kayo ay mabilis na mapuksa
dahil sa inyong mga masasamang mga gawain kung saan
itinakwil ninyo ako. 21 Hindi aalisin ni Yahweh ang mga salot
sa inyo hanggang sa madurog niya kayo mula sa labas ng
lupain na inyong papasukin para angkinin. 22 Sasalakayin
kayo ni Yahweh sa pamamagitan ng mga nakakahawang
karamdaman, ng lagnat, ng pamamaga, at ng tagtuyot at
sobrang kainitan, at ng mga malalakas na hangin at amag.
Hahabulin nila hanggang kayo ay mapuksa. 23 Magiging
tanso ang kalangitan na nasa itaas ng inyong mga ulo at
magiging bakal ang mundo na nasa ilalim ninyo. 24 Gagawing
pulbos at alikabok ni Yahweh ang ulan sa inyong lupain;
mula sa kalangitan babagsak ito sa inyo, hanggang sa kayo
ay madurog. 25 Si Yahweh ang magdudulot na pabagsakin
kayo sa harapan ng inyong mga kaaway; lalabas kayo sa
isang daanan laban sa kanila, at tatakas sa pitong mga
daanan sa harapan nila. Pagpapasa-pasahan kayo doon
at saanman sa lahat ng kaharian ng mundo. 26 Magiging
pagkain ang inyong patay na katawan ng lahat ng mga ibon
ng kalangitan at ng mga mababangis na hayop ng mundo;
wala ni isang mananakot sa kanila papalayo. 27 Sasalakayin
kayo ni Yahweh sa pamamagitan ng mga pigsa ng Ehipto at
ng mga sakit sa tiyan, sakit sa balat, at pangangati, kung
saan hindi kayo mapapagaling. 28 Sasalakayin kayo ni
Yahweh sa pamamagitan ng kalungkutan, ng pagkabulag, at
ng pagkalito ng kaisipan. 29 Kakapit kayo sa tanghali tulad
ng pagkapit ng bulag sa kadiliman at hindi kayo sasagana
sa inyong mga daan; lagi kayong aapihin at nanakawan, at
wala ni isang magliligtas sa inyo. 30 Ipagkakasundo kayo sa
isang babae, pero kukunin siya ng ibang lalaki at pipilitin
siyang sumiping sa kaniya. Magtatayo kayo ng isang bahay
pero hindi maninirahan doon; magtatanim kayo ng isang
ubasan pero hindi matatamasa ang bunga nito. 31 Papatayin
ang inyong lalaking baka sa harapan ng inyong mga mata,
pero hindi ninyo kakainin ang karne nito; sapilitang kukunin
ang inyong asno papalayo mula sa inyong harapan, at hindi
na maibabalik sa inyo. Ibibigay ang inyong mga tupa sa
inyong mga kaaway, at walang sinuman ang makakatulong
sa inyo. 32 Ibibigay sa ibang tao ang inyong mga anak na
lalaki at inyong mga anak na babae; buong araw silang
hahanapin ng inyong mga mata, pero mabibigo sa pag-
aasam sa kanila. Walang magiging kalakasan ang inyong
kamay. 33 Ang ani ng inyong lupain at lahat ng inyong
mga pinaghirapan—isang bansa na hindi ninyo kilala ang
kakain nito; lagi kayong aapihin at dudurugin, 34 sa gayon
masiraan kayo ng ulo sa mga nakikita ninyo na nangyayari.
35 Sasalakayin kayo ni Yahweh sa mga tuhod at mga binti
sa pamamagitan ng matinding mga pigsa na kung saan
hindi ninyo mapapagaling, mula sa ibaba ng inyong mga
paa hanggang sa itaas ng inyong ulo. 36 Dadalhin kayo ni
Yahweh at ang hari na ilalagay ninyo sa inyong itaas sa
isang bansa na hindi ninyo kilala, kahit kayo ni ng inyong
mga ninuno; sasambahin ninyo doon ang ibang mga diyus-
diyosan na kahoy at bato. 37 Pagmumulan kayo ng matinding
takot, isang kawikaan, at isang tampulan ng galit, sa gitna
ng mga tao kung saan kayo daldalhin ni Yahweh. 38 Kukuha
kayo ng maraming binhi mula sa kabukiran, pero kakaunting
binhi lamang ang madadala ninyo, dahil kakainin ito ng mga
balang. 39 Magtatanim kayo ng ubasan at aalagaan ang mga
ito, pero hindi kayo makakainum ng alinman sa mga alak, ni
makakatipon ng mga ubas, dahil kakainin ito ng mga uod. 40
Magkakaroon kayo ng mga puno ng olibo sa loob ng inyong
nasasakupan, pero hindi kayo makakapahid ng alinmang
langis sa inyong sarili, dahil ihuhulog ng inyong mga puno
ng olibo ang mga bunga nito. 41 Magkakaroon kayo ng
mga anak na lalaki at mga anak na babae, pero hindi sila
mananatiling sa inyo, dahil sila ay mabibihag. 42 Lahat ng
inyong mga puno at mga bunga ng inyong lupa—lilipulin
ang mga ito ng mga balang. 43 Aangat mula sa inyo ang
dayuhang kapiling ninyo na pataas ng pataas; kayo mismo
ang bababa na pailalim ng pailalim. 44 Papahiramin nila
kayo, pero hindi kayo magpapahiram sa kanila; sila ang
magiging ulo, at kayo ang magiging buntot. 45 Dadating sa
inyo lahat ng mga sumpang ito at hahabulin at sasakupin
kayo hanggang sa kayo ay mawasak. Mangyayari ito dahil
hindi kayo nakinig sa boses ni Yahweh na inyong Diyos,
kahit sundin ang kainyang mga kautusan at mga batas
na sinasabi ko niya sa inyo. 46 Mapapasainyo ang mga
sumpang ito bilang mga tanda at kababalaghan, at sa inyong
mga kaapu-apuhan magpakailanman. 47 Dahil hindi ninyo
sinamba si Yahweh na inyong Diyos ng may kasiyahan
at kagalakan ng puso nang kayo ay nasa kasaganahan,
48 kaya magsisilbi kayo sa mga kalaban na ipinadala ni
Yahweh laban sa inyo; pagsisislbihan ninyo sila sa gutom,
sa uhaw, sa pagkahubad, at sa kahirapan. Maglalagay siya
ng pamatok na bakal sa inyong mga leeg hanggang sa
mawasak niya kayo. 49 Magdadala si Yahweh ng bansa
laban sa inyo mula sa malayo, mula sa dulo ng mundo, tulad
ng isang agila na lumilipad papunta sa kaniyang biktima,
isang bansa na hindi ninyo naiintindihan ang wika; 50 isang

bansa na mayroong mabangis na mga pagpapakilala na
walang paggalang sa mga matatanda, ni kabutihang-asal
para sa mga bata. 51 Kakainin nila ang anak ng inyong
baka at ng bunga ng inyong lupain hanggang hanggang sa
kayo ay mawasak. Wala silang ititirang butil para sa inyo,
bagong alak, o langis, walang mga anak ng inyong kawan,
hanggang sa maidulot nila sa inyo ang pagkakapuksa. 52
Sasalakayin nila kayo sa lahat ng tarangkahan ng inyong
mga lungsod, hanggang sa bumagsak ang inyong mga
matataas at pinatibay na mga pader saan man sa inyong
lupain, mga pader na pinagkakatiwalaan ninyo. Sasalakayin
nila kayo sa loob ng lahat ng inyong mga tarangkahan ng
lungsod sa buong lupain na ibinigay sa inyo ni Yahweh na
inyong Diyos. 53 Kakainin ninyo ang bunga ng sarili ninyong
katawan, ang laman ng inyong mga anak na lalaki at ng
inyong mga anak na babae, na ibinigay sa inyo ni Yahweh
na inyong Diyos, sa pagsalakay at sa paghihirap kung saan
ang inyong kalaban ang maglalagay sa inyo. 54 Ang taong
malambot at makinis na kasama ninyo—siya ay magiging
mainggit sa kaniyang mga kapatid na lalaki at sa kaniyang
sariling mahal na asawa, at sa mga anak na naiwan niya. 55
Kaya hindi niya ibibigay sa kahit sino sa kanila ang laman
ng sarili niyang mga anak na kaniyang kakainin, dahil wala
nang matitira para sa kaniyang sarili sa pagsalakay at sa
paghihirap na inilagay ng inyong kalaban sa loob ng lahat
ng inyong mga tarangkahan sa lungsod. 56 Ang babaeng
malambot at makinis na kasama ninyo, na hindi susubukang
ipatong ang ilalim ng paa sa lapag para sa kalambutan
at pagkamaselan—magiging mainggitin siya sa kaniyang
sariling mahal na asawa lalaki, sa kaniyang anak na lalaki,
at sa kaniyang anak na babae, 57 at ng kaniyang sariling
bagong panganak na lumabas mula sa gitna ng kaniyang
binti, at ng mga anak na kaniyang ipagbubuntis. Kakainin
niya sila ng pribado dahil sa kakulangan ng kahit na ano, sa
panahon ng pagsalakay at pagdurusa na inilagay ng inyong
kalaban sa loob ng inyong mga tarangkahan ng lungsod. 58
Kung hindi niyo susundin ang lahat ng mga salita ng batas na
ito na nasusulat sa librong ito, ganun din na parangalan itong
maluwalhati at nakatatakot na pangalan ni Yahweh na inyong
Diyos, 59 papatindihin pa ni Yahweh ang mga salot ninyo, at
ng inyong mga kaapu-apuhan; magiging dakilang salot ang
mga iyon ng mahabang panahon at matinding karamdaman
ng mahabang panahon. 60 Dadalhin niya ulit sa inyo ang
lahat ng mga karamdaman ng Ehipto na kinatatakutan ninyo;
kakapit sila sa inyo. 61 Pati na rin ang bawat sakit at salot
na hindi nasusulat sa libro ng batas na ito, Iyon ding ang
mga dadalhin ni Yawheh sa inyo hanggang sa kayo ay
mawasak. 62 Kayo ay maiiwang kakaunti ang bilang, kahit
na tulad kayo ng mga bituin ng kalangitan sa bilang, dahil
hindi kayo nakinig sa boses ni Yahweh na inyong Diyos. 63
Kagaya ng pagkagalak noong una ni Yahweh sa inyo sa
paggawa ninyo ng mabuti, at sa pagpaparami sa inyo, kaya
siya din ay magagalak na kayo ay mapuksa at mawasak.
Bubunutin kayo paalis sa lupain na inyong papasukin para
angkinin. 64 Ikakalat kayo ni Yahweh sa gitna ng lahat ng
mga tao mula sa isang dulo ng mundo hanggang sa ibang
dulo ng mundo; doon sasamba kayo sa ibang mga diyus-
diyosan na hindi ninyo nakilala, ni ng inyong mga ninuno,
mga diyus-diyosan na kahoy at bato. 65 Sa mga bansang ito
hindi kayo makakahanap ng kaluwagan, at walang magiging
kapahingahan para sa mga talampakan ng inyong mga paa;
sa halip, bibigyan kayo ni Yahweh doon ng takot sa puso,
lumalabong mga mata, at isang kaluluwang nagluluksa. 66
Mananatiling may pagdududa ang inyong buhay; matatakot
kayo tuwing gabi at araw at tiyak nga na walang magiging
kasiguraduhan ang inyong buhay. 67 Sa umaga sasabihin
ninyong, 'sana ay gabi na!' at sa gabi ay sasabihin ninyong,
'sana ay umaga na!' dahil sa takot sa inyong mga puso at sa
mga bagay na kailangan makita ng inyong mga mata. 68
Dadalhin kayo ulit ni Yahweh sa Ehipto sa pamamagitan ng
mga barko, sa daan kung saan sinabi ko sa inyo, 'Hindi na
ninyo muling makikita ang Ehipto.' Doon iaalok ninyo ang
inyong sarili para ipagbili sa inyong mga kaaway bilang mga
lalaki at babaeng alipin, pero wala ni isa ang bibili sa inyo."

**29** Ito ang mga salita na inutos ni Yahweh kay Moises na
sabihin sa mga tao ng Israel sa lupain ng Moab, mga
salita na idinagdag sa tipan na kaniyang ginawa sa kanila sa
Horeb. 2 Ipinatawag ni Moises ang lahat ng mga Israelita at
sinabi sa kanila, "Nakita ninyo ang lahat ng bagay na ginawa
ni Yahweh sa harap ng inyong mga mata sa lupain ng Ehipto
kay Paraon, sa lahat ng kaniyang mga lingkod, at sa lahat ng
kanyang lupain— 3 ang matinding paghihirap na nakita ng
inyong mga mata, ang mga pangitain, at yaong mga dakilang
kababalaghan. 4 Pero hanggang ngayon hindi kayo binigyan
ni Yahweh ng isang puso para makaalam, mga mata para
makakita, o mga tainga para makarinig. 5 Pinamunuan ko
kayo sa loob ng apatnapung taon sa ilang; ang inyong mga
damit ay hindi naluma, at ang inyong mga sandalyas ay
hindi napudpod sa inyong mga paa. 6 Hindi kayo kumain ng
kahit na anong tinapay ni uminom ng kahit na anong alak o
nakakalasing na mga inumin, para inyong malaman na ako
si Yahweh na inyong Diyos. 7 Nang dumating kayo sa lugar
na ito, si Sihon, ang hari ng Heshbon, at si Og, ang hari ng
Bashan, ay lumabas laban sa atin para lumaban, at tinalo
natin sila. 8 Kinuha natin ang kanilang lupain at binigay ito
bilang pamana sa mga lipi ni Reuben, sa mga lipi ni Gad, at
sa kalahating lipi ni Manasses. 9 Kaya sundin ang mga salita
ng tipang ito at gawin, para kayo ay sumagana sa lahat ng

bagay na inyong gagawin. 10 Nakatayo kayo ngayong araw,
kayong lahat, sa harapanni Yahweh na inyong Diyos; ang
mga nangunguna sa inyo, ang inyong mga lipi, ang inyong
mga nakatatanda, at ang inyong mga opisiyal—lahat ng mga
kalalakihan ng Israel, 11 ang inyong mga anak, ang inyong
mga asawa, at ang dayuhan na kasama ninyo sa inyong
kampo, mula sa mga tagaputol ng inyong kahoy hanggang
sa mga tagasalok ng inyong tubig. 12 Narito kayong lahat
para pumasok sa tipan ni Yahweh na inyong Diyos at sa
pangakao na ginagawa ni Yahweh na inyong Diyos sa inyo
ngayon, 13 para ngayon ay maaari niya kayong gawing
isang bayan para sa kaniyang sarili, at sa ganoon siya ay
maging Diyos para sa inyo, gaya ng sinabi niya sa inyo, at
gaya ng sinumpa niya sa inyong mga ninuno, kay Abraham,
kay Isaac, at kay Jacob. 14 At hindi ko lamang ginagawa
para inyo ang tipang ito at itong panunumpa, 15 —kasama
ng lahat ng nakatayo ngayon na narito kasama natin sa
harapan ni Yahweh na ating Diyos, pero pati narin sa mga
kasama natin na wala rito ngayon. 16 Alam ninyo kung
paano tayo namuhay sa lupain ng Ehipto, at kung paano
tayo pumasok sa gitna ng mga bansa na inyong dinaanan.
17 Nakita ninyo ang kanilang mga nakasusuklam na mga
bagay: kanilang mga diyus-diyosan na kahoy at bato, pilak
at ginto, na nabibilang sa kanila, 18 kung kaya't marapat na
wala sinumang sa inyo, lalaki, babae, pamilya, o lipi na ang
puso ay tatalikod ngayon mula kay Yahweh na ating Diyos,
para sumamba sa mga diyus-diyosan ng mga bansang
iyon—kung kaya't marapat na wala sa inyo ang anumang
ugat na nagbubunga ng apdo at halamang mapait, 19 para
kapag marinig ng taong iyon ang mga salita ng sumpang ito,
hindi niya dapat basbasan ang kaniyang sarili sa kaniyang
puso at sabihing, 'magkakaroon ako ng kapayapaan, kahit
na maglalakad ako sa katigasan ng aking puso.' Sisirain
nito ang basa kasama ang tuyo. 20 Hindi siya papatawarin
ni Yahweh, pero sa halip, ang galit ni Yahweh at kanyang
pagseselos ay mag-iinit laban sa taong iyon, at ang lahat ng
mga sumpa na nakasulat sa aklat na ito ay mapapasakanya,
at tatanggalin ni Yahweh ang kanyang pangalan mula sa
ilalim ng langit. 21 Ibubukod siya ni Yahweh para sa sakuna
na mula sa lahat ng mga lipi ng Israel, sa pagsunod sa lahat
ng mga sumpa ng tipan na nakasulat sa aklat ng batas na
ito. 22 Ang darating na salinlahi, ang mga anak ninyo na
lilitaw pagkatapos ninyo, at ang dayuhan na nagmula sa
isang malayong lupain, ay magsasalita kapag nakita nila
ang mga salot sa lupaing ito at ang mga karamdaman na
ginawa ni Yahweh — 23 at kapag nakita nila ang buong
lupain na naging asupre at nasusunog na asin, kung saan
walang ipinunla ni namumunga, kung saan walang mga
halaman ang tumutubo, katulad ng pagkabagsak ng Sodom
at Gomorra, Adma at Zeboiim, na winasak ni Yahweh sa
kaniyang galit at matinding poot— 24 sasabihin nilang lahat
kasama ng lahat ng ibang mga bansa, 'Bakit ito ginawa ni
Yahweh sa lupaing ito? Ano ang kahulugan ng init ng labis
na galit na ito?' 25 Pagkatapos sasabihin ng mga tao, 'Ito
ay dahil pinabayaan nila ang tipan ni Yahweh, ang Diyos
ng kanilang mga ninuno, na ginawa niya sa kanila noong
sila ay inilabas niya mula sa lupain ng Ehipto, 26 at dahil
sila ay pumunta at sumamba sa ibang diyus-diyosan at
yumukod sa kanilang, diyus-diyosan na hindi nila kilala at
ang mga hindi niya binigay sa kanila. 27 Kaya ang galit ni
Yahweh ay sumiklab laban sa lupaing ito, para magdala
doon ng lahat ng mga sumpa na nasusulat sa aklat na ito.
28 Binunot sila ni Yahweh mula sa kanilang lupain sa galit, sa
poot, at sa matinding galit, at itinapon sila sa ibang lupain,
gaya ng ngayon.' 29 Ang mga bagay na lihim ay nabibilang
lamang kay Yahweh na ating Diyos; pero ang mga bagay
na inihayag ay nabibilang magpakailanman sa atin at sa
ating mga kaapu-apuhan, para gawin natin ang lahat ng
mga salita ng batas na ito.

**30** Kapag ang lahat ng mga bagay na ito ay nakarating
sa inyo, ang mga pagpapala at ang mga sumpa na
itinalaga ko sa harapan ninyo, at kapag isinaisip ninyo ito
kasama ang lahat ng ibang mga bansa kung saan si Yahweh
ang inyong Diyos ay dinala kayo, 2 at kapag bumalik kayo
kay Yahweh na inyong Diyos at sumunod sa kaniyang boses,
susundin ang lahat ng mga sinasabi ko sa inyo sa araw na
ito— kayo at inyong mga anak— ng inyong buong puso at
inyong buong kaluluwa, 3 kung gayon babaligtarin ni Yahweh
na inyong Diyos ang inyong pagkakabihag at magkakaroon
ng habag sa inyo, babalik siya at titipunin kayo mula sa
lahat ng mga tao kung saan si Yahweh ang inyong Diyos
ay ikinalat kayo. 4 Kung mayroon sa mga lahi ninyo ang
ipinatapon sa pinaka-malalayong mga lugar mula sa ilalim
ng kalangitan, mula kung saan si Yahweh na inyong Diyos
ay titipunin kayo, at magmula doon dadalhin niya kayo. 5
Si Yahweh na inyong Diyos ay dadalhin kayo sa lupain
na pagmamay-ari ng inyong mga ninuno, at magiging sa
inyo ulit ito; Gagawan ka niya ng kabutihan at pararamihin
kayo higit pa sa ginawa niya sa inyong mga ninuno. 6
Tutuliin ni Yahweh na inyong Diyos ang inyong puso at
ang puso ng inyong mga kaapu-apuhan para mamahalin
ninyo si Yahweh na inyong Diyos ng inyong buong puso at
inyong buong kaluluwa, para kayo ay mabuhay. 7 Ilalagay ni
Yahweh na inyong Diyos itong mga sumpa sa inyong mga
kaaway at sa mga galit, at sa sinumang nagpapahirap sa
inyo. 8 Babalik kayo at susunod sa boses ni Yahweh, at
gagawin ninyo ang lahat ng kaniyang mga utos na inuutos
ko sa inyo sa araw na ito. 9 Si Yahweh na inyong Diyos

ay gagawing masagana ang lahat ng ginawa ng inyong
kamay sa bunga ng inyong katawan, sa bunga ng inyong
mga baka, at sa bunga ng inyong mga pananim, para sa
kasaganahan, para kay Yahweh muling masisiyahan ulit
siya sa inyo sa kasaganahan, gaya ng pagkalugod niya sa
inyong mga ninuno. **10** Gagawin niya ito kung susundin
ninyo ang salita ni Yahweh na inyong Diyos, para panatilihin
ang kaniyang mga kautusan at mga batas na nasusulat sa
aklat ng kautusan, kung babalik kayo kay Yahweh na inyong
Diyos ng inyong buong puso at inyong buong kaluluwa. **11**
Dahil itong utos na sinasabi ko sa inyo sa araw na ito ay
hindi lubhang mahirap para sa inyo, ni ito ay napakalayo sa
inyo para abutin, **12** hindi ito nasa langit, para sabihin ninyo,
"Sinong nais umakyat sa atin sa langit at dalhin ito pababa
sa atin at maaari nating marinig ito, para magawa natin ito?'
**13** Maging ito ay sa ibayo ng dagat, para inyong masabi,
'Sino sa atin ang pupunta sa ibayong dagat para dalhin ito
sa atin at marinig natin, at para magawa natin ito?' **14** Pero
ang salita ay napakalapit sa inyo, nasa inyong bibig at nasa
inyong puso, para inyong magawa ito. **15** Tingnan ninyo,
inilagay ko sa araw na ito sa inyong harapan ang buhay
at kabutihan, kamatayan at kasamaan. **16** Kung susundin
ninyo ang mga panuntunan ni Yahweh na inyong Diyos, na
sinasabi ko sa inyo sa araw na ito na mahalin si Yahweh
na inyong Diyos, para mamuhay ng naaayon sa kaniyang
paraan, at sundin ang kaniyang mga kautusan, ang kaniyang
mga batas at kaniyang mga ordenansa, mabubuhay kayo at
paparamihin, at pagpalain kayo ni Yahweh na inyong Diyos
sa lupain na inyong pupuntahan para angkinin. **17** Pero
kung ang inyong puso ay tumalikod at hindi kayo nakinig sa
halip ay lumayo at nagpatirapa pababa sa ibang mga diyus-
diyosan at sasambahin sila, **18** kung gayon, sasabihin ko
sa inyo sa araw na ito siguradong mamamatay kayo, hindi
tatagal ang inyong buhay sa lupain na inyong dadaanan sa
kabila ng Jordan para puntahan at angkinin. **19** Tinatawag
ko ang langit at ang lupa para maging saksi laban sa inyo sa
araw na ito, itinalaga ko sa inyo ang buhay at kamatayan,
ang mga pagpapala at mga sumpa, kaya piliin ninyo ang
buhay para kayo at ang inyong lahi ay mamuhay ng matagal.
**20** Gawin ito para mahalin si Yahweh na inyong Diyos, para
sundin ang kaniyang salita, at para kumapit sa kaniya. Dahil
siya ang inyong buhay at ang haba ng inyong mga araw,
gawin ninyo ito para maaari kayong mamuhay sa lupain na
ipinangako ni Yahweh sa inyong mga ninuno, kay Abraham,
kay Isaac, at kay Jacob, na ibibigay sa kanila."

**31** Nagpunta si Moises at sinabi ang mga salitang ito sa
buong Israel. **2** Sinabi niya sa kanila, "Isang daan at
dalawampung taong gulang na ako; hindi na ako maaaring
makalabas at makakpasok; Sinabi ni Yahweh sa akin, 'Hindi
ka na tatawid sa Jordan.' **3** Si Yahweh na inyong Diyos,
sasama siya sa inyo; wawasakin niya ang mga bansa mula
sa inyong harapan, at babawiin ninyo ito. Si Josue, ang
mangunguna sa inyong harapan, tulad ng sinabi ni Yahweh.
**4** Gagawin ni Yahweh sa kanila kung ano kay Sihon at
Og, sa mga hari ng Amoreo, at sa kanilang lupain, kung
saan kaniyang winasak. **5** Bibigyan kayo ni Yahweh ng
tagumpay laban sa kanila kapag nakaharap na ninyo sila sa
digmaan, at gagawin ninyo sa kanila ang lahat ng sinasabi
ko sa inyo. **6** Magpakatatag at magpakatapang, huwag
matakot, at huwag matakot sa kanila; sapagkat si Yahweh
na inyong Diyos, ang siyang sasama sa inyo; hindi niya kayo
bibiguin ni pababayaan." **7** Tinawag ni Moises si Josue at
sinabi sa kaniya sa harapan ng buong Israel, "Magpakatatag
at magpakatapang, sapagkat sasamahan mo itong lahi
papunta sa lupain na ipinangako ni Yahweh sa inyong mga
ninuno para ibigay sa kanila; Ikaw ang magdudulot sa kanila
para manahin ito. **8** Si Yahweh, ang siyang mangunguna
sa inyong harapan; sasama siya sa inyo; hindi niya kayo
bibiguin ni iiwan; huwag matakot, huwag mapanghinaan ng
loob." **9** Isinulat ni Moises ang kautusang ito at ibinigay ito
sa mga pari, sa mga anak na lalaki ni Levi, na nagdala sa
kaban ng tipan ni Yahweh; binigay din niya ang mga kopya
nito sa lahat ng mga nakatatanda ng Israel. **10** Inutusan
sila ni Moises at sinabi, "Sa katapusan ng bawat pitong
taon, sa panahon na ipapawalang-bisa ang mga utang, sa
oras ng Pagdiriwang ng mga Kanlungan, **11** kapag ang
buong Israelita ay dumating para magpakita sa harapan
ni Yahweh na inyong Diyos sa lugar na kaniyang pipiliin
para sa kaniyang santuwaryo, babasahin mo itong batas
sa harapan ng buong Israel kanilang pandinig. **12** Tipunin
ang mga tao, ang mga kalalakihan, ang mga kababaihan,
ang mga kabataan, at inyong dayuhan na nasa loob ng
tarangkahan ng inyong lungsod, para makarinig sila at
matuto, at para maaari nilang parangalan si Yahweh na
inyong Diyos at sundin ang lahat ng mga salita nitong
kautusan. **13** Gawin ito para sa kanilang mga anak, na
walang alam, maaaring makarinig at matuto para parangalan
si Yahweh na inyong Diyos, habang nabubuhay kayo sa
lupain na inyong pupuntahan ang Jordan para angkinin."
**14** Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Masdan mo, ang araw
ay paparating na ikaw ay dapat ng mamatay; tawagin si
Josue at ipakita ang inyong mga sarili sa loob ng tolda ng
pagpupulong, para mabigyan ko siya ng utos." Pumunta
sina Moises at Josue at ipinakita ang kanilang mga sarili sa
loob ng tolda ng pagpupulong. **15** Nagpakita si Yahweh sa
loob ng tolda sa isang haliging ulap; nakatayo ang haligi ng
ulap sa ibabaw ng pintuan ng tolda. **16** Sinabi ni Yahweh
kay Moises, "Masdan mo, matutulog ka kasama ang inyong

mga ama; babangon itong mga lahi at kikilos katulad ng
mga bayarang babae na sumusunod sa masamanag mga
diyus-diyosan ng lupain, ang lupain na kanilang pupuntahan
para maging kasamahan nila. Iiwanan nila ako at sisirain
ang kasunduang ginawa ko kasama sila. **17** Pagkatapos, sa
araw na iyon, ang aking galit ay sisiklab laban sa kanila, at
iiwanan ko sila, ikukubli ko ang aking mukha mula sa kanila,
at sasakmalin sila. Maraming mga sakuna at kaguluhan ang
mapapa sa kanila, para kanilang sabihin sa araw na iyon,
'Ang mga sakuna ba ito ay natagpuan ako dahil ang ating
Diyos ay wala sa aming kalagitnaan?' **18** Sisiguraduhin ko
na ikukubli ang aking mukha mula sa kanila sa araw na iyon
dahil ang lahat ng kasamaan ay kanilang gagawin, sapagkat
bumaling sila sa ibang mga diyus-diyosan. **19** Kaya ngayon
isulat mo itong awitin para sa iyong sarili at ituro ito sa bayan
ng Israel. Ilagay ito sa kanilang mga bibig, para ang awiting
ito ay maging isang saksi para sa akin laban sa bayan ng
Israel. **20** Kapag dinala ko sila dito sa loob ng lupain na
aking ipinangako upang ibigay sa kanilang mga ninuno, ang
lupaing umaapaw sa gatas at pulot, at nang sila ay nakakain
at nabusog at tumaba, pagkatapos babaling sila sa ibang
mga diyos at sasamba sa kanila; kamumuhian nila ako at
sisirain ang kasunduan. **21** Kapag maraming kasamaan
at mga kaguluhan ang mayroon ang mga tao na ito, ang
awiting ito ang magpapatunay bilang isang saksi; dahil ito ay
hindi malilimutan mula sa mga bibig ng kanilang mga kaapu-
apuhan; dahil alam ko ang mga plano na kanilang binubuo
ngayon, kahit bago ko pa sila dinala dito sa lupain na aking
ipinangako." **22** Kaya isinulat ni Moises ang awiting ito ng
araw ding iyon at itinuro sa bayan ng Israel. **23** Binigyan
ni Yahweh ng utos si Josue na anak ni Nun, at sinabi,
"Magpakatatag at Magpakatapang; sapagkat dadalhin mo
ang bayan ng Israel papasok sa lupain na ipinangako ko sa
kanila, at ako ay sasainyo." **24** Nangyari ito nang matapos ni
Moises ang pagsusulat ng mga salita nitong kautusan sa
isang aklat, **25** ibinigay niya ang isang utos sa mga Levita
ang siyang nagdala ng kaban ng tipan ni Yahweh; sinabi
niya, **26** "Dalhin mo itong aklat ng kautusan at ilagay ito sa
gilid ng kaban ng tipan ni Yahweh na inyong Diyos, para
ito ay naroroon bilang isang saksi laban sa inyo. **27** Dahil
alam ko ang inyong mga paghihimagsik at inyong katigasan;
tingnan ninyo, habang patuloy akong nabubuhay kasama
ninyo kahit sa araw na ito, kayo ay naging mapanghimagsik
laban kay Yahweh; paano pa pag ako ay patay na? **28**
Magtipon sa akin ang lahat ng nakatatanda ng inyong mga
lipi, at inyong mga opisyal, para masabi ang mga salita sa
kanilang mga tainga at tatawag sa langit at lupa para maging
saksi laban sa kanila. **29** Dahil alam ko na pag patay na ako
lubusan ninyong sisirain ang inyong mga sarili at lumiko
palayo sa daanan na aking iniutos sa inyo; kapahamakan
ay darating sa inyo sa susunod na mga araw. Mangyayari
ito dahil gagawa kayo ng masama sa mata ni Yahweh,
para galitin siya sa pamamagitan ng mga gawa ng inyong
mga kamay." **30** Umawit si Moises sa mga tainga ng mga
pinagtipon sa Israel ang mga salita ng awiting ito hanggang
sa matapos

**32** Ibigay ang inyong mga tainga, kayong kalangitan,
at hayaan akong magsalita. Hayaan ang mundo na
makinig sa mga salita ng aking bibig. **2** Hayaan ang aking
katuruan ay pumatak na parang ulan, hayaan ang aking
talumpati ay dumalisay na parang hamog, gaya ng mahinang
ulan sa malambot na damo, at gaya ng ulan sa mga
halaman. **3** Dahil ipapayahag ko ang pangalan ni Yahweh,
at ang tungkol ang kadakilaan sa ating Diyos. **4** Ang Batong
tanggulan, ang kaniyang ganap na gawa; dahil ang lahat
ng kaniyang landas ay husto. Siya ang matapat na Diyos
na siyang walang kasamaan. Siya ay makatarungan at
matuwid. **5** Kumilos sila ng masama laban sa kaniya. Sila ay
hindi niya mga anak. Ito ay kanilang kahihiyan. Sila ay isang
makasalanan at manlilinlang na salinlahi. **6** Gagantimpalaan
ba ninyo si Yahweh sa ganitong paraan, kayong mga hangal
at walang damdaming mga tao? Hindi ba siya ang inyong
ama, ang nag-iisang lumikha sa inyo? Na siyang lumikha
sa inyo? **7** Isaisip ang mga araw ng sinaunang panahon,
isipin ang tungkol sa maraming taong lumipas. Tanungin
ang inyong ama at ipapakita niya sa inyo, ang inyong mga
nakakatanda at sasabihin nila sa inyo. **8** Nang ibinigay ng
Kataastaasan sa mga bansa ang kanilang pamana—nang
hinati niya ang lahat ng sangkatauhan, at itinakda niya ang
mga hangganan ng mga tao, itinakda rin niya ang bilang ng
kanilang mga diyus-diyosan. **9** Dahil ang bahagi ni Yahweh
ay ang kaniyang mga tao; si Jacob ang kaniyang bahaging
mana. **10** Siya ay natagpuan niya sa isang disyertong lupain,
at sa tigang at humahagulhol na ilang; ipinagtanggol at
inalagaan niya, siya ay binantayan niya na tulad ng pag-
iingat sa mata. **11** Gaya ng isang agila na nagbabantay ng
kaniyang pugad at pumapagaspas sa ibabaw ng kaniyang
mga inakay, ibinuka ni Yahweh ang kaniyang mga pakpak
at kinuha sila, at dinala sila sa kaniyang mga likuran. **12**
Si Yahweh lamang ang pumatnubay sa kaniya; walang
dayuhang diyus-diyosan ang kasama niya. **13** Hinayaan niya
kayong sumakay sa tayog ng lupain, at siya ay pinakain
niya ng mga bunga ng bukid; kayo ay pinalusog niya ng
pulut na mula sa bato, at langis na mula sa matigas na
matarik na bato. **14** Kumain kayo ng mantikilya na mula
sa grupo ng mga hayop at uminom ng gatas na mula sa
kawan, kasama ng taba ng mga tupa, mga lalaking tupa
ng Bashan, at mga kambing, kasama ng pinakamainam

ng trigo— at ininum ninyo ang bumubulang alak na gawa
mula sa katas ng mga ubas. 15 Pero lumaki si Jeshurun na
mataba at sumisipa, puno ng taba, matipuno, at makinis.
Tinalikuran nila ang Diyos na gumawa sa kanila, at itinanggi
nila ang Bato ng kaniyang kaligtasan. 16 Pinagselos nila
si Yahweh sa pamamagitan ng kanilang mga kakaibang
diyus-diyosan; at ginalit siya ng kanilang mga kasuklam-
suklam na diyus-diyosan. 17 Nagsakripisyo sila sa mga
demonyo, na hindi Diyos—mga diyos na hindi nila kilala,
mga diyos na bago pa lang lumitaw, mga diyos na hindi
kinakatakutan ng inyong mga ama. 18 Pinabayaan ninyo
ang Bato, na naging ama ninyo, at inyong kinalimutan ang
Diyos na nagsilang sa inyo. 19 Nakita ito ni Yahweh at sila
ay tinanggihan niya, dahil lubha siyang ginalit ng kaniyang
mga anak na lalaki at kaniyang mga anak na babae. 20
“Itatago ko ang aking mukha mula sa kanila,” sinabi niya, “at
makikita ko kung ano ang kanilang magiging katapusan;
dahil sila ay isang napakasamang salinlahi, mga anak na
hindi tapat. 21 Pinagselos nila ako sa pamamagitan diyos na
hindi totoo at ginalit ako ng kanilang mga walang halagang
diyus-diyosan. Papainggitin ko sila sa pamamagitan ng hindi
ko bayan, gagalitin ko sila sa pamamagitan ng isang bansa
na walang pang-unawa. 22 Dahil isang apoy ang nag-aalab
sa pamamagitan ng aking galit at sumusunog hanggang sa
pinakamalalim na lugar ng mga patay; kinakain nito ang
mundo at ang ani nito; sinusunog nito ang mga pundasyon
ng mga bundok. **(Sheol h7585)** 23 Bubuntunan ko sila ng
kapahamakan; ipapatama ko sa kanila ang lahat ng aking
mga palaso; 24 Mamamatay sila sa gutom at lalamunin ng
nag-aapoy na init at mapait na pagkawasak; ipapadala ko sa
kanila ang mga ngipin ng mga mababangis na hayop, gamit
ang lason ng mga bagay na gumagapang sa alikabok. 25 Sa
labas ng espada ay mamimighati, at kilabot ay ganoon din
sa mga silid-tulugan. lilipol ito sa parehong binata at dalaga,
ang sumususong bata, at ang lalaking may kulay-abong
mga buhok. 26 Sinabi ko na ikakalat ko sila ng malayo,
para mapawi ang kanilang alaala mula sa sangkatauhan. 27
Kung hindi lang sa pagmamayabang ng kaaway, at baka
ang kanilang kaaway ay magkamali, at kanilang sasabihin,
'Itaas ang ating kamay,' Nagawa ko na sana ang lahat ng
mga ito. 28 Dahil ang Israel ay isang bansa na walang
karunungan, at walang pang-uunawa sa kanila. 29 O, na
sila ay matatalino, na naunawaan nila ito, na isaalang-
alang nila ang kanilang parating na kapalaran! 30 Paano ba
hahabulin ng isa ang isang libo, at papaliparin ng dalawa
ang sampung libo, maliban kung ipinagbili sila ng kanilang
Bato, at isinuko sila ni Yahweh? 31 Dahil ang bato ng ating
mga kaaway ay hindi katulad ng ating Bato, gaya ng pag-
amin ng ating mga kaaway. 32 Dahil ang kanilang mga
puno ng ubas ay nagmula sa puno ng ubas ng Sodoma, at
mula sa mga bukid ng Gomorra; ang kanilang mga ubas ay
mga ubas ng lason; ang kanilang mga kumpol ay mapait.
33 Ang kanilang alak ay ang lason ng mga ahas at ang
mabagsik na kamandag ng mga maliliit na ahas. 34 Hindi
ba ito binalak ng palihim na aking tinago, na natatakan
kabilang ng aking mga kayamanan? 35 Ako ang magbibigay
ng paghihiganti, at kabayaran, sa panahon na madudulas
ang kanilang paa; dahil ang araw ng kapahamakan para
sa kanila ay nalalapit, at ang mga bagay na darating sa
kanila ay mabilis na mangyayari.” 36 Dahil si Yahweh ang
magpapasya para sa kaniyang mga tao, at kakaawaan niya
ang kaniyang mga lingkod. Makikita niya na ang kanilang
kapangyarihan ay nawala, at wala ni isang matitira, kahit
mga alipin o malayang mga tao. 37 Pagkatapos sasabihin
niya, “Nasaan ang kanilang mga diyos, ang bato na siyang
kanilang kanlungan? — 38 Ang mga diyos na kumain ng
mga taba ng kanilang mga sakripisyo at uminom ng alak na
kanilang mga handog na inumin? Hayaan silang bumangon
at tulungan kayo; hayaan sila ang mag-ingat ninyo. 39
Tingnan ninyo ngayon ako, kahit ako, ang Diyos, at walang
nang diyos maliban sa akin; ako'y pumapatay, at ako'y
bumubuhay; ako'y sumusugat, at ako'y nagpapagaling, at
walang ni isa na makakapagligtas sa inyo mula sa aking
lakas. 40 Dahil itinaas ko ang aking kamay sa langit at
sinabing, 'Habang ako ay nabubuhay magpakailanman,
ako ay kikilos. 41 Kapag hinahasa ko ang aking makintab
na espada, at kapag nagsimula na ang aking kamay na
magdala ng katarungan, maghihiganti ako sa aking mga
kaaway, at gagantihan ko yaong mga napopoot sa akin. 42
Lalasingin ko ang aking mga palaso ng dugo, at ang aking
espada ay lalamunin ang laman kasama ng dugo ng mga
pinatay at ng mga bihag, at mula sa mga ulo ng mga pinuno
ng kaaway.'” 43 Magdiwang, kayong mga bansa, kasama
ng mga tao ng Diyos, dahil ipaghihiganti niya ang dugo ng
kaniyang mga lingkod; Maghihiganti siya sa kaniyang mga
kaaway, at gagawa siya ng kabayaran ng kasalanan para sa
kaniyang lupain, para sa kaniyang mga tao. 44 Dumating
si Moises at inawit ang lahat ng mga salita ng awiting ito
sa tainga ng mga tao, siya, at si Josue na anak na lalaki
ni Nun. 45 At natapos ni Moises na awitin ang lahat ng
mga salitang ito sa buong Israel. 46 Sinabi niya sa kanila,
“Ituon ang inyong mga isipan sa lahat ng mga salita na
aking pinatunayan sa inyo ngayon, para mautusan ninyo ang
inyong mga anak na sundin ang mga ito, ang lahat ng mga
salita ng batas na ito. 47 Dahil ito ay hindi balewalang bagay
para sa inyo, dahil ito ang inyong buhay, at sa pamamagitan
ng bagay na ito ay papahabain ninyo ang inyong mga araw
sa lupain na inyong pupuntahan sa ibayo ng Jordan para

angkinin.” 48 Nagsalita si Yahweh kay Moises sa parehong
araw at sinabing, 49 “Umakyat ka sa bandang ito ng mga
bundok ng Abarim, itaas ng Bundok Nebo, na nasa lupain ng
Moab, kabila ng Jerico. Mapagmamasdan mo ang lupain ng
Canaan, na ibibigay ko sa bayan ng Israel bilang kanilang
pag-aari. 50 Mamamatay ka sa bundok na pupuntahan mo
at Matitipon kasama ng iyong mga tao, gaya ni Aaron na
kapwa mong Israelita na namatay sa Bundok Hor at tinipon
ng kaniyang mga tao. 51 Ito ay mangyayari dahil hindi ka
tapat sa akin kabilang sa bayan ng Israel sa tubigan ng
Meriba sa Kades, sa ilang ng Sin; 52 dahil hindi mo ako
pinakitunguhan ng may dangal at Dahil makikita mo ang
lupain sa harapan mo, pero hindi ka makakapunta roon, sa
lupain na ibibigay ko sa bayan ng Israel.”

**33** Ito ang pagpapala kung saan pinagpala ni Moises na
tao ng Diyos ang bayan ng Israel bago ang kaniyang
kamatayan. 2 Sinabi niya: Mula si Yahweh sa Sinai at
nagpakita sa kanila mula Seir. Nagliwanag siya mula sa
Bundok ng Paran, at dumating siya kasama ang sampung
libong mga banal na pinili. Sa kaniyang kanang kamay ay
mayroong kumikislap na kidlat. 3 Tunay nga, mahal niya
ang mga tao; lahat ng kaniyang mga banal na pinili ay
nasa inyong kamay, at nagpatirapa siya sa inyong mga
paa; nakatanggap ang bawat isa ng inyong mga salita. 4
Ako, si Moises, nag-utos sa inyo ng isang batas, isang
pamana para sa kapulungan ni Jacob. 5 Pagkatapos naging
hari si Yahweh sa Jesurun, kapag ang mga pinuno ng
mga tao ay nagtipun-tipon, nagkasama-sama ang lahat ng
mga lipi ng Israel. 6 Hayaang mabuhay si Ruben at hindi
mamatay; pero nawa ang kaniyang mga tauhan ay maging
iilan lamang. 7 Ito ang pagpapala para kay Juda. Sinabi ni
Moises: Makinig ka, Yahweh, sa boses ng Juda, at dalhin
siyang muli sa kaniyang mga tao. Makipaglaban para sa
kaniya; maging tulong laban sa kaniyang mga kaaway. 8
Tungkol kay Levi, sinabi ni Moises: Ang iyong Tummim at
iyong Urim ay napapabilang sa iyong kinasisiyahan, ang
iyong sinubukan doon sa Masa, kung saan kayo nakipagburo
sa tubig ng Meriba. 9 Ang taong nagsasabi tungkol sa
kaniyang ama at ina,” Hindi ko sila nakita.” Ni hindi niya
kinilala ang kaniyang mga kapatid, ni hindi niya inangkin
ang kaniyang sariling mga anak. Dahil binabantayan niya
ang inyong salita at sinunod ang iyong tipan. 10 Itinuro niya
kay Jacob ng inyong mga panuntunan, at mga batas sa
Israel. Maglalagay siya ng insenso sa iyong harapan, at ang
buong sinunog na mga alay sa inyong altar. 11 Pagpalain,
Yahweh, ang kaniyang mga pag-aari, at tanggapin ang gawa
ng kaniyang mga kamay. Durugin ang mga balakang ng
sinumang bumangon laban sa kaniya, at sa mga taong galit
sa kaniya, para hindi sila ulit makabangon. 12 Tungkol kay
Benjamin, sinabi ni Moises: Ang isang minahal ni Yahweh
ay namumuhay ng matiwasay sa tabi niya; iniingatan siya
ni Yahweh sa mahabang panahon, at nabubuhay siya sa
pagitan ng mga braso ni Yahweh. 13 Tungkol kay Jose,
sinabi ni Moises: Nawa'y pagpalain ni Yahweh ang kaniyang
lupain at ng kaniyang mahahalagang mga bagay sa langit,
kasama ang hamog, At ng nakapaloob sa ilalim nito. 14 Na
mayroong mahahalagang mga bagay sa pag-aani na ginawa
sa tulong ng araw, kasama ang mga mahahalagang bagay
sa paglipas ng mga buwan, 15 Na mayroong magagandang
mga bagay mula sa napakatandang mga bundok, at na
mayroong mahahalagang mga bagay ng walang katapusang
mga burol. 16 Mayroong mga pinakamahalagang bagay sa
mundo at ng kasaganahan nito, at kasama ang mabuting
kalooban niya para sa sinumang nasa palumpong. Hayaang
dumating ang pagpapala mula sa ulo ni Jose, at sa noo niya
na siyang naging prinsipe sa kaniyang mga kapatid. 17 Ang
unang anak ng isang toro, maluwalhati siya, at kaniyang
mga sungay ay ang mga sungay ng isang mabangis na
toro. Kasama nilang itutulak niya ang mga tao, lahat sila, sa
katapusan ng mundo. Ito ang mga sampung libo ng Efraim;
ito ang mga libu-libo ni Manases. 18 Tungkol kay Zebulun,
sinabi ni Moises: Magsaya, Zebulun, sa iyong paglabas, at
ikaw, Isacar, sa inyong mga tolda. 19 Tatawagin nila ang
mga tao sa mga bundok. Doon iaalay nila ang mga alay ng
pagkamatuwid. Dahil sisipsipin nila ang kasaganahan ng
mga karagatan, at mula sa buhangin ng dalampasigan. 20
Tungkol kay Gad, sinabi ni Moises: Pagpalain ang siyang
magpapalawak kay Gad. Maninirahan siya doon katulad
ng isang babaeng leon, at sisirain niya ang braso o ang
isang ulo. 21 Naglaan siya ng kaniyang pinakamahalagang
bahagi para sa kaniyang sarili, dahil mayroong nakalaang
bahagi ng lupain para sa mga pinuno. Dumating siya kasama
ang pinuno ng mga tao. Ipinatupad niya ang katarungan ni
Yahweh at ang kaniyang mga kautusan kasama ng Israel. 22
Tungkol kay Dan, sinabi ni Moises: Si Dan ay isang batang
leon na lumundag mula sa Bashan. 23 Tungkol kay Neftali,
sinabi ni Moises: Neftali, nasisiyahan sa mga pabor, at puno
ng pagpapala ni Yahweh, dalhin ang pag-aari ng lupain tungo
sa kanluran at timog. 24 Tungkol kay Aser, sinabi ni Moises:
Pagpalain si Aserng higit pa sa ibang mga anak na lalaki;
hayaan siyang maging katanggap-tanggap sa kaniyang
mga kapatid, at hayaang malubog sa langis ng olibo ang
kaniyang mga paa. 25 Nawa'y ang rehas ng iyong lungsod
ay maging bakal at tanso; hangga't kayo ay nabubuhay,
ganun din kahaba ang iyong magiging kaligtasan. 26 Walang
sinumang katulad ng Diyos, Jesurun— isang matuwid, na
nakasakay sa kalangitan para tulungan ka, at sa kaniyang
kaluwalhatian sa mga ulap. 27 Ang walang hanggang Diyos

ay isang kublihan para sa kaniyang mga tao, at sa ilalim ay
ang walang hanggang mga braso. Itutulak niya palabas ang
kaaway mula sa harapan ninyo, at sasabihin niya, "Wasakin!"
28 Nawa'y ang Israel ay mamumuhay na may kaligtasan. Ang
bukal ni Jacob ay ligtas sa isang lupain ng butil at bagong
alak; tunay nga, hayaan ang langit na bumagsak ang hamog
sa kaniya. 29 Pinagpala kayo, Israel! Sino ang katulad ninyo,
mga tao na iniligtas ni Yahweh, ang sanggalan ng inyong
tulong, at ang espada ng inyong kaluwalhatian? Ang inyong
mga kaaway ay darating na nanginginig sa inyo; tatapakan
ninyo ang kanilang matataas na mga lugar.

**34** Umakyat si Moises mula sa mga kapatagan ng Moab
patungong Bundok ng Nebo, hanggang sa tuktok ng
Pisga, na nasa tapat ng Jerico. At ipinakita ni Yahweh
sa kaniya ang lahat ng lupain ng Galaad hanggang Dan,
2 at lahat ng Neftali at ang lahat ng lupain ng Efraim at
Manases, at lahat ng lupain ng Juda, hanggang sa kanlurang
karagatan, 3 at ang Negev, at ang patag sa lambak ng Jerico,
ang Lungsod ng mga Palmera, hanggang Zoar. 4 Sinabi ni
Yahweh sa kaniya, "Ito ang lupain na ipinangako ko kay
Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, na sinasabing, 'Ibibigay
ko ito sa inyong mga kaapu-apuhan.' Pinayagan kitang
tingnan iyon sa iyong mga mata, pero hindi ka makakapunta
roon." 5 Kaya si Moises ang lingkod ni Yahweh ay namatay
doon sa lupain ng Moab, gaya ng salitang ipinangako ni
Yahweh. 6 Inilibing siya ni Yahweh sa lambak ng lupain ng
Moab sa tapat ng Beth Peor, pero walang nakakaalam kung
saan ang kaniyang libingan hanggang sa araw na ito. 7
Isang daan at dalawampung taong gulang si Moises ng
namatay siya; hindi lumabo ang kaniyang mata, ni humina
ang kaniyang likas na lakas. 8 nagluksa ng tatlumpung
araw ang mga tao ng Israel sa mga kapatagan ng Moab
para kay Moises, at ang mga araw ng pagluluksa para kay
Moises ay natapos. 9 Si Josue na anak ni Nun, ay puno ng
espiritu ng kaalaman, dahil ipinatong ni Moises ang kaniyang
kamay sa kaniya. Nakinig ang mga Israelita sa kaniya at
ginawa kung ano ang iniutos ni Yahweh kay Moises. 10
Walang ibang tumayong propeta sa Israel tulad ni Moises,
na siyang kilala ni Yahweh mukha sa mukha. 11 Walang
ibang propeta na tulad niya sa lahat ng mga palatandaan
at mga kababalaghan na ipinadala ni Yahweh sa kaniya
para gawin sa lupain ng Ehipto, kay Faraon, at sa lahat ng
kaniyang mga lingkod, at sa lahat ng kaniyang lupain. 12
Hindi pa nagkaroon ng sinumang propetang tulad niya sa
lahat ng mga dakila, nakakatakot na gawa na ginawa ni
Moises sa paningin ng buong Israel.

# Josue

1 Ngayon ito ang nangyari pagkatapos mamatay si Moises,
ang lingkod ni Yahweh, na nangusap si Yahweh kay
Josue ang anak ni Nun, punong pumapangalawa kay Moises,
sinasabing, 2 "Namatay na si Moises na aking lingkod. Kaya
ngayon, magbangon, tawirin ang Jordang ito, ikaw at lahat
ng mga bayang ito, sa lupaing ibinibigay ko sa kanila—sa
mga bayan ng Israel. 3 Ibinigay ko sa inyo ang bawat
lugar na lalakaran ng talampakan ng inyong paa. Ibinigay
ko na ito sa inyo, gaya ng ipinangako ko kay Moises. 4
Magiging lupain ninyo, mula sa ilang at Lebanon hanggang
sa malawak na ilog, ang Eufrates, lahat ng lupain ng mga
Heteo, at sa Malawak na Dagat, kung saan lumulubog ang
araw. 5 Walang sinumang makakatayo sa harap ninyo sa
lahat ng araw ng inyong buhay. Sasamahan kita tulad ng
pagsama ko kay Moises. Hindi kita pababayaan o iiwan kita.
6 Maging malakas at matapang. Idudulot mong manahin
ng mga taong ito ang lupaing ipinangako ko sa kanilang
mga ninunong ibibigay ko sa kanila. 7 Maging malakas at
napakatapang. Maging maingat na sundin ang lahat ng batas
na iniutos sa inyo ng aking lingkod na si Moises. Huwag
kayong lilihis mula rito sa kanan o sa kaliwa, para maging
matagumpay kayo saan man kayo pupunta. 8 Palagi kang
magsasalita tungkol sa aklat ng batas na ito. Pagbubulay-
bulayan mo ito sa araw at gabi para masunod mo ang
lahat na nakasulat dito. Sa gayon magiging maunlad ka at
matagumpay. 9 Hindi ba iniutos ko sa iyo? Maging malakas
at matapang! Huwag matakot. Huwag matakot. Kasama
mo si Yahweh na iyong Diyos saan ka man pupunta." 10
Pagkatapos inutusan ni Josue ang mga pinuno ng bayan, 11
"Lumibot kayo sa kampo at utusan ang mga tao, 'Maghanda
ng makakain para sa inyong sarili. Sa loob ng tatlong araw
tatawirin ninyo ang Jordang ito at papasukin at aangkinin
ang lupain na ibinibigay ni Yahweh inyong Diyos sa inyo para
angkinin.'" 12 Sinabi ni Josue sa mga lipi ni Reubenita, mga
lipi ni Gadita at sa kalahating lipi ni Manases, 13 "Alalahanin
ang salitang iniutos sa inyo ni Moises na lingkod ni Yahweh
nang sinabi niyang, 'Binibigyan kayo ng pahinga ni Yahweh
na inyong Diyos, at ibinibigay niya sa inyo ang lupaing
ito.' 14 Mananatili sa lupaing ibinigay sa inyo ni Moises sa
kabila ng Jordan ang inyong mga asawa, inyong mga maliliit,
at ang inyong mga alagang hayop. Pero ang inyong mga
mandirigma ay tatawid kasama ng inyong mga kapatid na
lalaki at tutulungan sila 15 hanggang ipagkaloob ni Yahweh
sa inyong mga kapatid na lalaki ang kapahingahan tulad
ng ibinigay niya sa inyo. At aangkinin din nila ang lupaing
ibinibigay sa kanila ni Yahweh na inyong Diyos. Pagkatapos
babalik kayo sa sarili ninyong lupain at angkinin ito, ang
lupaing ibinigay ni Moises na lingkod ni Yahweh sa kabila ng
Jordan, kung saan sumisikat ang araw." 16 At sumagot sila
kay Josue, sinabing, "Gagawin namin ang lahat ng iniutos
mo sa amin, at pupunta kami saan mo man kami ipapadala.
17 Susundin ka namin tulad ng pagsunod namin kay Moises.
Nawa'y samahan ka ni Yahweh, tulad ng pagsama niya kay
Moises. 18 Malalagay sa kamatayan ang sinumang susuway
sa iyong mga utos at hindi susunod sa iyong mga salita.
Maging malakas lamang at matapang."

2 Pagkatapos palihim na ipinadala ni Josue anak ni Nun
ang dalawang lalaki mula sa Sittim bilang mga espiya.
Sinabi niya, "Lumakad kayo, manmanan ang buong lupain,
lalung-lalo na ang Jerico." Umalis sila at dumating sa bahay
ng isang bayarang babae na nagngangalang Rahab, at
nanatili sila doon. 2 Sinabi ito sa hari ng Jerico, "Tingnan
ninyo, dumating ang mga lalaki ng Israel para magmanman
sa lupain." 3 Ang hari ng Jerico ay nagpasabi kay Rahab at
sinabi, "Ilabas ang mga lalaking pumunta sa iyo na tumuloy
sa iyong bahay, dahil naparito sila para magmanman sa
buong lupain." 4 Pero pinapasok ng babae ang dalawang
lalaki at itinago sila. At sinabi niya, "Oo, pumunta ang mga
lalaki sa akin, pero hindi ko alam kung saan sila galing.
5 Umalis sila nang takipsilim, oras iyon para isara ang
tarangkahan ng lungsod. Hindi ko alam kung saan sila
pumunta. Marahil maaabutan ninyo sila kung magmamadali
kayong sundan sila." 6 Pero dinala niya sila sa bubong at
itinago sila gamit ang mga tangkay ng lino na kaniyang
nilatag sa bubong. 7 Kaya sinundan sila ng mga lalaki
sa daang papunta sa mga tawiran ng Jordan. At isinara
ang mga tarangkahan pagkalabas ng mga humahabol. 8
Hindi pa nakakahiga ang mga lalaki para sa gabi, nang
umakyat siya sa kanila sa bubong. 9 Sinabi niya, "Alam
ko na ibinigay ni Yahweh sa inyo ang lupain at ang takot
sa inyo ay dumating sa amin. Ang lahat ng naninirahan sa
lupain ay manghihina sa inyong harapan. 10 Nabalitaan
namin kung paano pinatuyo ni Yahweh ang tubig ng Dagat
na Pula para sa inyo noong lumabas kayo sa Ehipto. At
nabalitaan namin kung ano ang ginawa ninyo sa dalawang
hari ng mga Amoreo sa kabilang dako ng Jordan—Sihon at
Og—na winasak ninyong ganap. 11 Sa pagkarinig namin nito,
natunaw ang aming mga puso at walang tapang ang naiwan
sa sinuman—dahil si Yahweh na inyong Diyos, siya ang
Diyos sa langit sa itaas at sa lupa sa ibaba. 12 Kaya ngayon,
pakiusap mangako ka sa akin sa pamamagitan ni Yahweh
na, katulad ng aking kabutihan sa inyo, pakitunguhan rin
ninyo ng may kabutihan ang sambahayan ng aking ama.
Bigyan ninyo ako ng isang tiyak na palatandaan 13 na
ililigtas ninyo ang buhay ng aking ama, ina, mga kapatid
na lalaki at babae, at ang kanilang buong pamilya, at sa

gayon ililigtas ninyo kami mula sa kamatayan." 14 Sinabi ng
mga lalaki sa kaniya, "Buhay namin para sa inyong buhay,
kahit hanggang kamatayan! Kung hindi mo sasabihin ang
aming pakay, kaya, kapag ibinigay ni Yahweh ang lupaing
ito magiging mahabagin kami at matapat sa iyo." 15 Kaya
pinalabas niya sila sa bintana gamit ang isang lubid. Ang
bahay kung saan siya nanirahan ay itinayo sa loob ng pader
ng lungsod. 16 Sinabi niya sa kanila, "Pumunta kayo sa mga
burol at magtago o ang mga humahabol ay makikita kayo.
Magtago kayo doon sa loob ng tatlong araw hanggang ang
mga humahabol ay makabalik. Pagkatapos magpatuloy na
sa inyong landas." 17 Sinabi ng mga lalaki sa kaniya, "Wala
kaming pananagutan sa mga pangakong ipinagawa mo
sa aming sumpaan, kung hindi mo gagawin ito: 18 Kapag
pumasok kami sa lupain, dapat itali mo itong matingkad na
pulang lubid sa bintana na siyang pinagbabaan mo sa amin,
at magtitipon kayo sa bahay ng iyong ama at ina, iyong
mga lalaking kapatid at ang buong sambahayan ng iyong
ama. 19 Sinuman ang lalabas sa mga pintuan ng iyong
bahay patungo sa lansangan, ang kanilang dugo ay nasa
kanilang sariling mga ulo at wala kaming pananagutan. Pero
kung may isang kamay na manakit sa sinumang kasama mo
sa bahay, ang kaniyang dugo ay nasa aming mga ulo. 20
Pero kung ipagsasabi mo itong aming pakay, kung gayon
wala kaming pananagutan sa pangakong aming sinumpaan
sa iyo, sa pangakong pinagawa mong aming sumpaan."
21 Sumagot si Rahab, "Matupad nawa ang inyong sinabi."
Pinaalis niya sila at umalis sila. Pagkatapos itinali niya
ang matingkad na pulang lubid sa bintana. 22 Umalis at
umakyat sila sa mga burol at nanatili sila doon ng tatlong
araw hanggang sa makabalik ang mga humahabol sa kanila.
Naghanap ang mga humahabol sa kahabaan ng daanan at
wala silang natagpuan. 23 Bumalik ang dalawang lalaki at
tumawid at nagbalik kay Josue anak ni Nun, at isinalaysay
nila sa kaniya ang lahat ng bagay na nangyari sa kanila.
24 At sinabi nila kay Josue, "Totoong ibinigay ni Yahweh
ang lupaing ito. Natatakot ang lahat ng mga naninirahan sa
lupain dahil sa atin.

**3** Maagang bumangon si Josue, at umalis sila mula sa
Sittim. Dumating sila sa Jordan, siya at ang lahat ng
bayan ng Israel, at nagkampo sila roon bago sila tumawid. 2
Pagkaraan ng tatlong araw, naglibot ang mga opisyales sa
gitna ng kampo; 3 inutusan nila ang mga tao, "Kapag nakita
ninyo ang kaban ng tipan ni Yahweh na inyong Diyos, at ang
mga Levitang paring binubuhat ito, dapat kayong umalis
sa lugar na ito at sundan iyon. 4 Dapat may pagitan ito ng
dalawang libong kubit sa inyo. Huwag kayong lalapit dito,
para makita ninyo kung alin ang daraanan, dahil hindi pa
ninyo dinaanan ang daang ito dati." 5 Sinabi ni Josue sa
mga tao, "Ihandog ang inyong mga sarili kay Yahweh bukas,
dahil gagawa si Yahweh ng mga kababalaghan sa inyo."
6 Pagkatapos sinabi ni Josue sa mga pari, "Buhatin ang
kaban ng tipan, at dumaan sa harapan ng mga tao." Kaya
binuhat nila ang kaban ng tipan at pumunta sa harapan
ng mga tao. 7 Sinabi ni Yahweh kay Josue, "Sa araw na
ito gagawin kitang dakila sa mga mata ng buong Israel.
Malalaman nila na gaya ng ako ay kasama ni Moises, ako ay
makakasama mo. 8 Utusan mo ang mga pari na nagdala ng
kaban ng tipan, 'Kapag nakarating na kayo sa gilid ng tubig
ng Jordan, dapat muna kayong huminto sa Ilog Jordan.'" 9
Pagkatapos sinabi ni Josue sa mga Israelita, "Pumarito kayo,
at pakinggan ang mga salita ni Yahweh na inyong Diyos. 10
Sa pamamagitan nito malalaman ninyo na kasama ninyo
ang buhay na Diyos at paaalisin mula sa inyong harapan
ang mga Cananaeo, ang mga Heteo, ang mga Hivita, ang
mga Perezeo, ang mga Gergeseo, ang mga Amoreo, at ang
mga Jebuseo. 11 Tingnan ninyo! Ang kaban ng tipan ng
Panginoon ng buong mundo ay mauunang itatawid sa inyo
sa Jordan. 12 Ngayon pumili ng labindalawang kalalakihan
mula sa mga lipi ng Israel, isang lalaki sa bawat isa. 13
Kapag nakaapak na sa tubig ng Jordan ang mga talampakan
ng mga paring may dala ng kaban ng tipan ni Yahweh, ang
Panginoon ng buong mundo, mahahati ang tubig ng Jordan,
at kahit na ang daloy ng tubig na salungat sa agos ay hihinto
sa pagdaloy at mananatili sila sa isang tambakan. 14 Kaya
nang umalis ang mga tao para tumawid sa Jordan, ang mga
pari na may dala ng kaban ng tipan ay pinangunahan ang
bayan. 15 Sa sandaling sumapit na sa Jordan ang may
dala ng kaban, at ang paa ng mga iyon na may dala ng
kaban ay lumubog sa gilid ng tubig (ngayon umaapaw ang
Jordan sa lahat ng pangpang sa buong panahon ng pag-
ani), 16 ang daloy ng tubig na salungat sa agos ay nanatili
sa isang tambakan. Tumigil sa pagdaloy ang tubig mula sa
malalayong lugar. Tumigil sa pagdaloy ang tubig mula sa
Adam, ang lungsod na nasa tabi ng Zaretan, pababa sa
karagatan ng Negeb, ang Dagat na Asin. At tumawid ang
mga tao malapit sa Jerico. 17 Nakatayo sa tuyong lupa sa
gitna ng Jordan ang mga paring nagbuhat ng kaban ng tipan
ni Yahweh hanggang nakatawid na ang lahat ng bayan ng
Israel sa tuyong lupa.

**4** Nang nakatawid ang lahat ng mga tao sa Jordan, sinabi
ni Yahweh kay Josue, 2 "Pumili ng labindalawang lalaki
para sa inyong mga sarili mula sa inyong bayan, isang lalaki
mula sa bawat lipi. 3 Ibigay sa kanila ang kautusang ito:
'Kumuha ng labindalawang bato mula sa gitna ng Jordan
kung saan nakatayo ang mga pari sa tuyong lupa, at dalhin
ninyo ang mga iyon at ilapag ang mga iyon sa lugar kung
saan kayo ngayon magpapalipas ng gabi.'" 4 Pagkatapos

tinawag ni Josue ang labindalawang lalaki na kaniyang pinili
mula sa mga lipi ng Israel, isa sa bawat lipi. 5 Sinabi ni Josue
sa kanila, “Pumunta sa kalagitnaan ng Jordan sa unahan ng
kaban ni Yahweh inyong Diyos, bawat isa sa inyong na may
isang bato sa kaniyang balikat—labindalawang bato, itayong
katulad ng bilang ng mga lipi ng bayan ng Israel. 6 Magiging
isa itong palatandaan sa inyong kalagitnaan para sa inyo
kapag nagtanong ang inyong mga anak sa mga darating
na mga araw, 'Ano ang kahulugan ng mga batong ito sa
inyo?' 7 Kaya sasabihin ninyo sa kanila, 'Nahati ang tubig
ng Jordan sa harap ng kaban ng tipan ni Yahweh. Nang
makatawid ito sa Jordan, nahati ang tubig ng Jordan. Kaya
ang mga batong ito ay magiging isang alaala sa bayan ng
Israel magpakailanman.'" 8 Ginawa ng bayan ng Israel gaya
ng iniutos ni Josue, at namulo sila ng labindalawang bato
mula sa kalagitnaan ng Jordan, gaya ng sinabi ni Yahweh
kay Josue, inayos silang katulad ng bilang ng mga lipi ng
bayan ng Israel. Binuhat nila ang mga ito sa lugar kung saan
nagpalipas sila ng gabi at itinayo nila ang mga ito roon. 9
Pagkatapos nagtayo si Josue ng labindalawang bato sa
kalagitnaan ng Jordan, sa lugar kung saan ang mga paa
ng mga pari na nagbuhat ng kaban ng tipan ay tumayo.
At ang bantayog ay naroon hanggang sa araw na ito. 10
Tumayo ang mga paring nagbuhat ng kaban sa kalagitnaan
ng Jordan hanggang ang lahat ng iniutos ni Yahweh kay
Josue para sabihin sa bayan ay masunod, ayon sa lahat ng
iniutos ni Moises kay Josue. Nagmadali tumawid ang mga
tao. 11 Nang matapos na sa pagtawid ang lahat ng mga
tao, ang kaban ni Yahweh at ang mga pari ay tumawid sa
harap ng mga tao. 12 Ang lipi ni Ruben, ang lipi ni Gad, at
kalahating lipi ng Manases ay tumawid sa unahan ng bayan
ng Israel nakahanay bilang isang hukbo, gaya ng sinabi ni
Moises sa kanila. 13 Humigit-kumulang apatnapung libong
kalalakihang nakahandang makipagdigma ay tumawid sa
harap ni Yahweh, para sa labanan sa mga kapatagan ng
Jerico. 14 Sa araw na iyon ginawang dakila ni Yahweh si
Josue sa mga paningin ng buong Israel. Pinarangalan nila
siya—gaya ng pagparangal nila kay Moises—sa lahat ng
kaniyang mga araw. 15 Pagkatapos nagsalita si Yahweh kay
Josue, 16 “Utusan ang mga paring nagbubuhat ng kaban ng
tipan ng mga kautusan na umahon mula sa Jordan.” 17
Kaya, inutusan ni Josue ang mga pari, “Umahon mula sa
Jordan.” 18 Nang umahon ang mga paring nagbubuhat ng
kaban ng tipan ni Yahweh mula sa kalagitnaan ng Jordan, at
ang mga talampakan nila ay inahon sa tuyong lupa, tapos
nanumbalik ang mga ang tubig ng Jordan at umapaw sa mga
pampang nito, gaya noong apat na araw na ang nakakalipas.
19 Umahon ng Jordan ang mga tao sa ikasampung araw ng
unang buwan. Nanatili sila sa Gilgal, silangan ng Jerico.
20 Ang labindalawang bato na kanilang kinuha sa Jordan,
itinayo ni Josue sa Gilgal. 21 Sinabi niya sa bayan ng Israel,
“Kapag tinanong ng inyong mga kaapu-apuhan ang kanilang
mga ama sa darating na mga panahon, 'Ano ang mga batong
ito?' 22 Sabihin sa inyong mga anak, 'Dito ay kung saan
pinatawid ang Israel sa tuyong lupa sa Jordan.' 23 Pinatuyo
ni Yahweh na inyong Diyos ang tubig sa Jordan para sa inyo,
hanggang sa makatawid kayo, gaya ng ginawa ni Yahweh
inyong Diyos sa Dagat ng mga Tambo, na kaniyang tinuyo
para sa atin hanggang tayo ay makatawid, 24 para malaman
ng lahat ng mga tao sa mundo na ang kamay ni Yahweh ay
makapangyarihan, at paparangalan ninyo si Yahweh ang
inyong Diyos magpakailanman.”

5 Pagkarinig ng lahat ng hari ng mga Amoreo sa kanlurang
dako ng Jordan, at lahat ng hari ng mga Cananaeo, na
nasa baybayin ng Malaking Dagat, na pinatuyo ni Yahweh
ang tubig sa Jordan hanggang nakatawid ang bayan ng
Israel, natunaw ang kanilang mga puso, at walang anumang
espiritu sa kanila dahil sa mga Israelita. 2 Sa panahong
iyon sinabi ni Yahweh kay Josue, “Gumawa ka ng mga
kutsilyo mula sa matigas na bato at tuliin minsan pa ang
lahat ng lalaki ng Israel.” 3 Pagkatapos gumawa mismo si
Josue ng mga kutsilyo mula sa matigas na bato at tinuli ang
lahat ng lalaki ng Israel sa Gibeat Haaralot. 4 At ito ang
dahilan na tinuli sila ni Josue: lahat ng lalaking lumabas sa
Ehipto, kasama ang lahat ng kalalakihang mandirigma, ay
namatay sa ilang habang daan, pagkatapos nilang lumabas
sa Ehipto. 5 Kahit tinuli na ang lahat ng lalaking lumabas sa
Ehipto, gayon man, walang batang lalaking ipinanganak sa
ilang habang daang palabas ng Ehipto ay tinuli. 6 Naglakbay
ang bayan ng Israel sa loob ng apatnapung taon sa ilang
hanggang ang lahat ng tao, iyon ay, lahat ng kalalakihang
mandirigma na nakalabas sa Ehipto ay namatay, dahil hindi
nila sinunod ang tinig ni Yahweh. Ipinangako ni Yahweh
sa kanila na hindi niya sila hahayaang makita ang lupaing
ipinangako niya sa kanilang mga ninuno na ibibigay sa
amin, isang lupaing umaapaw ang gatas at pulot. 7 Ang
kanilang mga anak na inalagaan ni Yahweh kapalit nila na
silang tinuli ni Josue, dahil hindi pa sila tinuli sa daan. 8
Nang tinuli silang lahat, nanatili sila sa kampo kung saan sila
naroroon hanggang gumaling sila. 9 At sinabi ni Yahweh kay
Josue, “Sa araw na ito inalis ko ang kahihiyan ng Ehipto
mula sa inyo.” Kaya tinawag ang lugar na iyon sa pangalang
Gilgal hanggang sa araw na ito. 10 Nagkampo ang bayan ng
Israel sa Gilgal. Ipinagdiwang nila ang Paskua sa ikalabing
apat na araw ng buwan, sa gabi, sa mga kapatagan ng
Jerico. 11 At kinabukasan ng Paskua, sa araw mismong
iyon, kinain nila ang ilan sa bunga ng lupain, tinapay na
walang lebadura, at inihaw na butil. 12 Tumigil ang manna sa

araw matapos nilang kainin ang bunga ng lupain. Wala ng
manna para sa bayan ng Israel, pero kinain nila ang bunga
ng lupain ng Canaan sa taong iyon. **13** Nang malapit na si
Josue sa Jerico, tumingala siya at nakita, at masdan ito,
isang lalaki ang nakatayo sa kaniyang harapan; hinugot niya
ang kaniyang espada at ito at nasa kamay niya. Lumapit si
Josue sa kaniya at sinabing, "Ikaw ba ay sa amin o para sa
aming kaaway?" **14** Sinabi niya, "Wala sa alinman. Dahil ako
ang pinuno ng hukbo ni Yahweh. Ngayon naparito ako."
Pagkatapos nagpatirapa si Josue sa lupa para sumamba at
sinabi sa kaniya, "Ano ang sinasabi ng aking panginoon
sa kaniyang lingkod?" **15** Sinabi ng pinununo ng hukbo
ni Yahweh kay Josue, "Hubarin mo ang iyong sandalyas
mula sa iyong mga paa, dahil banal ang lugar na iyong
kinatatayuan." At ginawa iyon ni Josue.

**6** Ngayon nakasara lahat ang mga pasukan ng Jerico dahil
sa hukbo ng Israel. Walang sinuman ang lumalabas
at pumapasok. **2** Sinabi ni Yahweh kay Josue, "Tingnan
mo, ibinigay ko sa inyo ang Jerico, ang hari nito at mga
sundalong sinanay nito. **3** Dapat kayong magmartsa sa
palibot ng lungsod, lahat ng kalalakihan sa digmaan ay
lilibutin ang lungsod nang minsanan. Dapat ninyong gawin
ito sa loob ng anim na araw. **4** Dapat dalhin ng pitong pari
ang pitong trumpetang gawa sa mga sungay ng lalaking
tupa sa harapan ng kaban. Sa ikapitong araw, dapat kayong
magmartsa ng pitong beses palibot ng lungsod at patunugin
ng malakas ang mga trumpeta ng mga pari. **5** Dapat silang
magpatunog ng isang mahabang tunog gamit ang sungay ng
lalaking tupa at kapag marinig ninyo ang tunog ng trumpeta
dapat sumigaw ng napakalakas ang lahat ng mga tao at
guguho ang pader ng lungsod. Dapat lumusob ang mga
sundalo, bawat isa ng deretso lang." **6** Pagkatapos tinawag
ni Josue na anak na lalaki ni Nun, ang mga pari at sinabi
sa kanila, "Buhatin ninyo ang kaban ng tipan, at hayaang
dalhin ng pitong pari ang pitong trumpetang gawa sa mga
sungay ng lalaking tupa sa harapan ng kaban ni Yahweh." **7**
At sinabi niya sa mga tao, "Lumakad kayo at magmartsa sa
palibot ng lungsdo at ang mga armadong kalalakihan ay
mauuna sa kaban ni Yahweh." **8** Tulad ng sinabi ni Josue sa
bayan, dinala ng pitong pari ang pitong trumpetang gawa
sa mga sungay ng lalaking tupa sa harapan ni Yahweh.
Habang nauuna sila, pinatunog nila nang malakas ang
mga trumpeta. Sumunod sa kanila ang Kaban ng Tipan ni
Yahweh. **9** Lumakad ang mga armadong kalalakihan sa
harapan ng mga pari, at gumawa sila ng isang malakas
na tunog sa kanilang mga trumpeta, pero pagkatapos ang
hulihang bantay ay sumusunod sa likod ng kaban, at tuluy-
tuloy na hinipan ng mga pari ang kanilang mga trumpeta. **10**
Pero inutos ni Josue sa bayan, sinabing, "Huwag kayong
sumigaw. Dapat walang tunog ang lalabas sa inyong mga
bibig hanggang sa araw na sabihin kong sumigaw kayo.
Sa pagkakataong iyon lamang kayo dapat sumigaw." **11**
Kaya idinulot niya na ang Kaban ni Yahweh ay ilibot nang
minsan sa lungsod sa araw na iyon. Pagkatapos pumasok
sila sa kanilang mga kampo at nanatili sila sa kanilang
kampo sa gabing iyon. **12** Kaya gumising ng maaga si
Josue at binuhat ng mga pari ang Kaban ni Yahweh. **13**
Ang pitong paring may dala ng pitong trumpetang gawa
sa mga sungay ng lalaking tupa sa harapan ng Kaban ni
Yahweh at matatag na naglalakad, hinipan nilang malakas
ang mga trumpeta. Naglalakad sa kanilang harapan ang
mga armadong sundalo. Pero nang ang hulihang bantay
ay naglakad sa likod ng Kaban ni Yahweh, saka hinipang
malakas ng tuluy-tuloy ang mga trumpeta. **14** Nagmartsa sila
sa palibot ng lungsod nang minsan sa pangalawang araw at
bumalik sa kampo. Ginawa nila ito sa loob ng anim na araw.
**15** Maaga silang gumising nang magbubukang liwayway
nang ikapitong araw at nagmartsa sila palibot ng lungsod
ayon sa nakasanayan nila, sa pagkakataong ito pitong ulit.
Sa araw na ito sila nagmartsa palibot ng slungsod nang
pitong ulit. **16** Ito ay nasa ikapitong araw nang pinatunog
nang malakas ng mga pari ang mga trumpeta, at iniutos
ni Josue sa mga tao, "Sumigaw! Dahil ibinigay sa inyo ni
Yahweh ang lungsod. **17** Inilaan ni Yahweh para wasakin ang
lungsod at ang lahat ng nasa loob nito. Tanging si Rahab
ang bayarang babae ang mabubuhay—siya at lahat ng
kaniyang sambahayan—dahil itinago niya ang mga lalaking
ipinadala natin. **18** Pero para sa inyo, mag-ingat kayo tungkol
sa mga bagay na itinakda para wasakin, kaya pagkatapos
ninyo silang tandaan para wasakin huwag ninyong kunin
ang kahit ano sa mga iyon. Kung gagawin ninyo ito, gagawin
ninyong isang bagay na dapat wasakin ang kampo ng Israel
at magdadala kayo ng kaguluhan dito. **19** Lahat ng pilak,
ginto, at mga bagay na gawa sa tanso at bakal ay nakalaan
kay Yahweh. Dapat dalhin ang mga ito sa ingatang yaman
ni Yahweh." **20** Kaya sumigaw ang mga tao at pinatunog
nila nang malakas ang mga trumpeta. Nangyari ito nang
narinig ng mga tao ang tunog ng trumpeta, sumigaw sila
nang napakalakas na sigaw at gumuho ang pader kaya
umakyat ang mga tao sa lungsod, sumugod ang bawat isa.
At nabihag nila ang lungsod. **21** Winasak nila ng ganap ang
lahat ng nasa lungsod gamit ang talim ng espada—lalaki
at babae, bata at matanda, lalaking baka, tupa at mga
asno. **22** Pagkatapos sinabi ni Josue sa dalawang lalaking
nagmanman sa lupain, "Puntahan ang bahay ng bayarang
babae. Dalhin palabas ang babae at lahat ng kasama niya,
ayon sa inyong sumpa sa kaniya." **23** Kaya ang kabataang
lalaki na nagmanman ay pumasok at inilabas si Rahab.

Nilabas nila ang kaniyang ama, ina, mga kapatid at lahat
ng kamag-anak na kasama niya. Dinala nila sila sa isang
lugar sa labas ng kampo ng Israel. **24** At sinunog nila ang
lungsod at lahat ng naririto. Tanging pilak, ginto at mga
sisidlang tanso at bakal ang inilagay sa ingatang yaman ng
bahay ni Yahweh. **25** Pero pinahintulutan ni Josue si Rahab
ang bayarang babae, ang sambahayan ng kaniyang ama,
at lahat ng kasama niya na mabuhay. Nanirahan siya sa
Israel hanggang sa araw na ito, dahil itinago niya ang mga
lalaking ipinadala ni Josue para magmanman sa Jerico. **26**
Pagkatapos sa pagkakataong iyon inutusan sila ni Josue
kasama ng isang panunumpa at sinabi niya, “Sumpain
ang tao sa paningin ni Yahweh na magtatayong muli ng
lungsod na ito, ang Jerico. Sa ikapapahamak ng kaniyang
panganay na anak na lalaki, ilalatag niya ang pundasyon
at sa ikapapahamak ng kaniyang bunsong anak na lalaki,
itatayo niya ang mga tarangkahan nito.” **27** Kaya kasama ni
Josue si Yahweh at kumalat ang kaniyang katanyagan sa
buong lupain.

**7** Pero kumilos ng hindi tapat ang bayan ng Israel tungkol
sa mga bagay na inilaan para sa pagkawasak. Si Acan
na anak na lalaki ni Carmi na anak na lalaki ni Zimri na
anak na lalaki ni Zera, mula sa lipi ni Juda, ay kumuha ng
ilang bagay na inilaan para sa pagkawasak, at sumiklab
ang galit ni Yahweh laban sa bayan ng Israel. **2** Nagpadala
ng mga kalalakihan si Josue mula sa Jerico sa Ai, malapit
sa Beth Aven, silangan ng Bethel. Sinabi niya sa kanila,
“Umakyat kayo at manmanan ang lupain.” Kaya lumakad
ang mga kalalakihan at minanman ang Ai. **3** Nang bumalik
sila kay Josue, sinabi nila sa kaniya, “Huwag mong ipadala
ang lahat ng tao sa Ai. Magpadala ka lamang ng dalawa o
tatlong libong kalalakihan para pumunta at lusubin ang Ai.
Huwag mong ipadala ang lahat ng tao sa labanan, dahil
kakaunti lamang sila sa bilang.” **4** Kaya mahigit tatlong
libong kalalakihan lamang ang pumunta mula sa hukbo,
pero tumakas ang mga ito mula sa mga kalalakihan ng
Ai. **5** Nakapatay ng mahigit tatlumpu't-anim na kalalakihan
ang mga kalalakihan ng Ai habang tinugis nila sila mula
sa tarangkahan ng lungsod hanggang sa tibagang bato, at
pinatay nila sila habang bumababa sila sa isang burol. At
natakot ang mga puso ng mga tao at iniwan sila ng kanilang
tapang. **6** Pagkatapos pinunit ni Josue ang kaniyang mga
kasuotan. Siya at mga nakatatanda ng Israel ay naglagay ng
alikabok sa kanilang ulo at iniyuko ang mukha sa lupa sa
harapan ng kaban ni Yahweh, nanatili sila roon hanggang
gabi. **7** Pagkatapos sinabi ni Josue, “Ah Panginoong Yahweh,
bakit mo dinala ang bayang ito sa kabila ng Jordan? Para
ibigay kami sa mga kamay ng mga Amoreo para lipulin kami?
Kung gagawa lamang kami ng magkakaibang desisyon at
manatili sa ibayong dako ng Jordan! **8** Panginoon, ano ang
maaari kong sabihin, pagkatapos tumakas ang mga Israel
sa harapan ng kanilang mga kaaway! **9** Dahil ang mga
Cananaeo at lahat ng mga naninirahan sa lupain ay narinig
ito. Nakapalibot sila sa amin at ginawang makalimutan
ng bayan sa mundo ang aming pangalan. At kaya anong
gagawin mo para sa iyong dakilang pangalan?” **10** Sinabi
ni Yahweh kay Josue, “Bumangon ka! Bakit ka nakadapa
diyan? **11** Nagkasala ang Israel. Nilabag nila ang aking tipan
na aking iniutos sa kanila. Ninakaw nila ang ilan sa mga
bagay na inilaan. Ninakaw nila at pagkatapos itinago rin
nila ang kanilang kasalanan sa pamamagitan ng paglalagay
kung ano ang kanilang kinuha sa kanilang sariling mga pag-
aari. **12** Bilang bunga, hindi nakatayo ang bayan ng Israel sa
harap ng kanilang mga kaaway. Tinalikuran nila ang kanilang
mga kaaway dahil sila mismo sa kanilang sarili ay inilaan
para sa pagkawasak. Hindi na ako sasama sa inyo kahit
kailan maliban kung wawasakin ninyo ang mga bagay na
dapat wasakin, pero nasa inyo pa rin. **13** Bumangon ka!
Ilaan ang bayan sa akin at sabihin sa kanila, 'Ilaan ninyo ang
inyong mga sarili kay Yahweh para bukas. Dahil si Yahweh,
ang Diyos ng Israel ay sinasabi, “Mayroong mga bagay
na inilan para wasakin na nananatili sa inyo, Israel. Hindi
kayo makakatayo laban sa inyong mga kaaway hanggang
tanggalin ninyo mula sa inyo ang lahat ng bagay na ibinukod
para wasakin.” **14** Sa umaga, dapat ninyong ipakita ang
inyong sarili sa pamamagitan ng inyong mga lipi. Ang lipi
na pinili ni Yahweh ay manggagaling malapit sa kanilang
mga angkan. Dapat lumapit ang angkan na pinili ni Yahweh
sa bawat sambahayan. Dapat lumapit ang sambahayan
na pinili ni Yahweh. **15** Mangyayari ito na ang isang taong
nahuli at kung sino ang may mga bagay na ibinukod para sa
pagkawasak, susunugin siya, siya at lahat ng mayroon siya,
dahil winasak niya ang tipan ni Yahweh at dahil nakagawa
siya ng isang kahiya-hiyang bagay sa Israel.”' **16** Kaya,
bumangon ng maaga kinaumagahan si Josue at inilapit ang
Israel, lipi sa lipi, at ang lipi ni Juda ang napili. **17** Inilapit
niya ang mga angkan ni Juda, at ang angkan ng Zerahita
ang napili. Inilapit niya ang angkan ng mga Zerahita tao
sa tao, at si Zabdi ang napili. **18** Inilapit niya ang kaniyang
sambahayan, tao sa tao, at si Achan na anak na lalaki ni
Carmi na anak na lalaki ni Zabdi na anak na lalaki ni Zerah,
ang napili mula sa lipi ni Juda. **19** Pagkatapos sinabi ni
Josue kay Achan, “Aking anak, sabihin mo ang katotohanan
sa harap ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, at ibigay mo ang
iyong pagtatapat sa kaniya. Pakiusap sabihin mo sa akin
kung ano ang iyong nagawa. Huwag mo itong itago sa akin.”
**20** Sumagot si Achan kay Josue, “Tunay nga, nagkasala ako
laban kay Yahweh, ang Diyos ng Israel. Ganito ang aking

ginawa: 21 Nang nakita ko sa mga manloloob ang isang
magandang balabal mula sa Babylon, dalawan-daang sekel
ng pilak, at isang bar ng ginto na nagtitimbang ng limampung
sekel, aking ninais at kinuha ko ang mga ito. Nakatago sila
sa ilalim ng lupa sa gitna ng aking tolda, at ang pilak ay
nasa ilalim nito." 22 Nagpadala si Josue ng mga mensahero,
na siyang pumunta sa tolda at naroon ang mga bagay. Nang
tiningnan nila, natagpuan nila ang mga ito na nakatago sa
kaniyang sariling tolda, at ang mga pilak na nasa ilalim ng
mga ito. 23 Kinuha nila ang mga bagay mula sa gitna ng
tolda at dinala nila ang mga ito kay Josue at sa lahat ng
bayan ng Israel. Ibinuhos nila ang mga ito sa harapan ni
Yahweh. 24 Pagkatapos kinuha ni Josue, at buong Israel na
kasama niya, si Achan na anak na lalaki ni Zerah, at ang
pilak, ang balabal, ang bar ng ginto, kaniyang mga anak na
lalaki at babae, kaniyang mga baka, kaniyang mga asno,
kaniyang tupa, kaniyang tolda, at lahat ng mayroon siya, at
dinala nila sila sa lambak ng Achor. 25 Pagkatapos sinabi ni
Josue, "Bakit mo kami ginulo? Guguluhin ka ni Yahweh sa
araw na ito." Binato siya ng buong Israel. At sinunog nila
silang lahat, at binato nila sila. 26 Naglagay sila sa kaniyang
ibabaw ng isang malaking bunton ng mga bato na narito
hanggang sa araw na ito. Pinawi ni Yahweh ang kaniyang
lumalagablab na galit. Kaya ang pangalan ng lugar ay ang
lambak ng Achor hanggang sa ngayong araw na ito.

**8** Sinabihan ni Yahweh si Josue, "Huwag matakot; huwag
mapanghinaan ng loob. Dalhin mo ang lahat ng mga tao
sa digmaan. Pumunta sa Ai. Tingnan mo, ang ibinibigay ko
sa iyong kamay ang hari ng Ai, kaniyang bayan, kaniyang
siyudad, at kaniyang lupain. 2 Gagawin mo sa Ai at sa
kaniyang hari gaya ng ginawa mo sa Jerico at sa kaniyang
hari, maliban na kunin mo ang panloloob at ang mga baka
para sa iyong sarili. Magtakda ng isang pananambang sa
likod ng lungsod." 3 Kaya tumayo si Josue at kinuha ang
mga kalalakihan sa digmaan patungong Ai. Pagkatapos
pumili si Josue ng tatlumpung libong kalalakihan—malakas,
matapang na mga kalalakihan—at pinadala niya sila sa
gabi. 4 Inutusan niya sila, "Masdan ito, maglalagay kayo
ng tambangan laban sa lungsod, sa likod nito. Huwag
masyadong lumayo mula sa lungsod, pero maging handa
kayong lahat. 5 Lalapit ako at lahat ng mga kalalakihan
na kasama ko sa lungsod. At kapag lumabas sila para
salakayin tayo, lalayo tayo mula sa kanila gaya ng dati. 6
Lalabas sila pagkatapos natin hanggang ilayo natin sila mula
sa lungsod. Sinasabi nila, 'Lumalayo sila sa atin gaya ng
ginawa nila noong una.' Kaya lalayo tayo mula sa kanila. 7
Pagkatapos lalabas kayo sa lugar ng inyong pinagtataguan,
at huhulihin ninyo ang lungsod. Ibibigay ito sa inyong kamay
ni Yahweh na inyong Diyos. 8 Kapag nahuli ninyo ang
lungsdo, susunugin ninyo ito. Gagawin ninyo ito kapag
susundin ninyo ang utos na ibinigay sa salita ni Yahweh.
Tingnan mo, inutusan ko kayo." 9 Ipinadala sila ni Josue, at
pumunta sila sa lugar ng tambangan, at nagtago sila sa
pagitan ng Bethel at Ai sa kanluran ng Ai. Pero natulog si
Josue sa gabing iyon kasama ng mga tao. 10 Bumangon
ng madaling araw si Josue at inihanda ang kaniyang mga
sundalo, si Josue at ang mga nakatatanda ng Israel, at
sinalakay nila ang bayan ng Ai. 11 Lahat ng lumalaban na
kalalakihan ay umakyat at nilapitan ang lungsod. Lumapit
sila sa lungsod at nagkampo sa hilagang dako ng Ai. Ngayon
mayroong isang lambak sa pagitan nila at Ai. 12 Kinuha
niya ang humigit-kumulang ng limang libong kalalakihan at
itinakda sila sa pananambang sa kanlurang dako ng lungsod
sa pagitan ng Bethel at Ai. 13 Ipinuwesto nila ang lahat ng
sundalo, ang mga pangunahing hukbo sa hilagang dako
ng lungsod, at ang likurang bantay sa kanlurang dako ng
lungsod. Nagpalipas ng gabing si Josue sa lambak. 14
Nangyari ito nang nakita ng hari ng Ai, siya at kaniyang
hukbo ay bumangon ng maaga at nagmadaling lumabas
para salakayin ang Israel sa lugar na nakaharap patungo sa
lambak ng Ilog Jordan. Hindi niya alam na naghihintay ang
isang pananambang para sumalakay mula sa likuran ng
lungsod. 15 Si Josue at lahat ng Israel ay hinayaan ang
kanilang sarili na matalo sa kanilang harapan, at tumakas
sila patungo ng ilang. 16 Lahat ng mga tao na nasa loob
ng lungsod ay sama-samang tinawag para sumunod sa
kanila, at sumunod sila kay Josue at lumayo sila mula sa
lungsod. 17 Walang lalaki ang umalis sa Ai at Bethel na
siyang hindi lumabas para tugisin ang Israel. Pinabayaan
nila ang lungsod at iniwan itong bukas habang tinutugis
nila ang Israel. 18 Sinabi ni Yahweh kay Josue, "Itutok ang
sibat na iyon sa iyong kamay patungong Ai, dahil ibibigay
ko ang Ai sa iyong kamay." Itinutok ni Josue ang sibat na
nasa kaniyang kamay patungo ng lungsod. 19 Ang mga
sundalong nagtatago sa pananambang ay nagmadaling
lumabas sa kanilang lugar nang inabot niya ang kaniyang
kamay. Tumakbo at pumasok sila ng lungsod at hinuli ito.
Mabilis nilang sinunog ang lungsod. 20 Lumiko at lumingon
ang mga kalalakihan ng Ai. Nakita nila ang usok mula sa
lungsod na tumataas sa himpapawid, at hindi sila makatakas
sa paraang ito o iyon. Dahil ang mga sundalong Israelita na
siyang tumakas sa ilang ngayon ay bumalik para harapin
ang mga tumutugis sa kanila. 21 Nang nakita ni Josue at
lahat ng Israel na nabihag ang siyudad ng pananambang
na may tumataas na usok, umikot sila at pinatay ang mga
kalalakihan ng Ai. 22 At ang ibang mga sundalo ng Israel,
ang mga umalis ng lungsod, lumabas para salakayin sila.
Kaya hinuli ang kalalakihan ng Ai sa pagitan ng mga hukbo

ng Israel, sa ilang bahagi nito at sa ilang bahagi na iyon.
Sinalakay ng Israel ang kalalakihan ng Ai; wala sa kanila
ang nakaligtas o nakatakas. **23** Itinago nila ang hari ng Ai, na
siyang binihag nilang buhay, at dinala nila siya kay Josue.
**24** Nangyari ito nang natapos patayin ng Israel ang lahat ng
mga naninirahan ng Ai sa lupaing malapit sa ilang kung saan
tinugis nila sila, at nang lahat sa kanila, sa isang kahuli-
hulihan, na natalo sa pamamagitan ng talim ng espada,
bumalik ang lahat ng Israel sa Ai. Sinalakay nila ito sa
pamamagitan ng talim ng espada. **25** Lahat ng natalo sa
araw na iyon, kapwa mga lalaki at babae, ay labindalawang
libo, lahat ng bayan ng Ai. **26** Hindi ibinalik ni Josue ang
kaniyang kamay na inabot niya, habang hinahawakan ang
kaniyang sibat, hanggang tuluyang nawasak niya ang lahat
ng bayan ng Ai. **27** Kinuha lamang ng Israel ang mga alagang
hayop at ang ninakaw mula sa lungsod para sa kanilang
sarili, tulad ng inutos ni Yahweh kay Josue. **28** Sinunog
ni Josue ang Ai at ginawa itong isang tambakan ng mga
nawasak magpakailanman. Ito ay isang lugar na pinabayaan
sa araw na ito. **29** Ibinitin niya ang hari ng Ai sa isang puno
hanggang gabi. Nang palubog na ang araw, nagbigay ng
utos si Josue at kinuha nila ang katawan ng hari pababa
mula sa puno at itinapon ito sa harap ng tarangkahan ng
lungsod. Nagtayo sila roon ng isang malaking tambakan ng
mga bato sa ibabaw nito. Nanatili ang tambakan na iyon
doon sa araw na ito. **30** Pagkatapos itinayo ni Josue ang
isang altar para kay Yahweh, ang Diyos ng Israel, sa Bundok
Ebal, **31** gaya ni Moises ang lingkod ni Yahweh na inutusan
ang bayan ng Israel, ayon sa nakasulat sa aklat ng batas ni
Moises: "Isang altar mula sa hindi nahating mga bato, na
walang ni isa ang makahawak sa isang bakal na kagamitan."
At naghandog siya rito ng handog na susunugin kay Yahweh,
at nag-alay sila ng mga handog para sa kapayapaan. **32**
At doon sa presensya ng bayan ng Israel, isinulat niya sa
mga bato ang isang kopya ng batas ni Moises. **33** Lahat ng
Israel, kanilang nakatatanda, mga opisyales, at kanilang
mga hukom ay tumayo sa magkabilang bahagi ng kaban sa
harap ng mga pari at mga Levita na nagdala ng kaban ng
tipan ni Yahweh—ang dayuhan gayundin ang ipinanganak
na katutubo—nakatayo sa harap ng Bundok Gerizim ang
kalahati sa kanila at nakatayo sa harap ng Bundok Ebal ang
ibang kalahati. Pinagpala nila ang bayan ng Israel, gaya
ng iniutos ni Moises na lingkod ni Yahweh sa kanila sa
simula. **34** Pagkatapos, binasa ni Josue ang lahat ng mga
salita sa batas, ang mga pagpapala at ang mga sumpa,
gaya ng kanilang isinulat sa aklat ng batas. **35** Walang isang
salita mula sa lahat na inutos ni Moises na hindi binasa ni
Josue sa harap ng pagpupulong ng Israel, kasama ang mga
kababaihan, ang maliliit na mga bata, at ang mga dayuhan
na siyang nanirahan sa kanila.

**9** Pagkatapos ang lahat ng haring nanirahan sa kabila ng
Jordan sa maburol na lupain, at sa mga mababang lupain
ng baybayin ng Malawak na Dagat patungong Lebanon—ang
mga Heteo, Amoreo, Cananaeo, Perizeo, Hivita, at ang
mga Jebuseo— **2** nagsama-sama ang mga ito sa ilalim ng
isang pamumuno, para magkipagdigma laban kay Josue at
Israel. **3** Nang nabalitaan ng mga naninirahan sa Gabaon
ang ginawa ni Josue sa Jerico at Ai, **4** gumawa sila ng isang
tusong plano. Tinustusan nila ang kanilang sarili ng mga
pagkain at kumuha ng mga lumang sako at nilagay nila
ang kanilang mga asno. Kumuha rin sila ng mga lumang
sisidlang balat ng alak, gutay-gutay, at inayos. **5** Inilagay
nila ang luma at sira-sirang mga sandalyas sa kanilang
mga paa, at nagsuot ng luma, sira-sirang kasuotan. Lahat
ng kanilang pagkaing panustos ay tuyo at inaamag. **6**
Pagkatapos pumunta sila kay Josue sa kampo sa Gilgal at
sinabi sa kaniya at sa mga kalalakihan ng Israel, "Naglakbay
kami mula sa isang napakalayong bansa, kaya ngayon
gumawa kayo ng isang kasunduan sa amin." **7** Sinabi ng
mga kalalakihan ng Israel sa mga Hivita, "Marahil kayo ay
naninirahan sa malapit sa amin. Paano kami gagawa ng
isang kasunduan sa inyo?" **8** Sinabi nila kay Josue, Kami ay
inyong mga lingkod." Sinabi ni Josue sa kanila, "Sino kayo?
Saan kayo nagmula?" **9** Sinabi nila sa kaniya, "Naparito ang
inyong mga lingkod mula sa isang napakalayong lupain,
dahil sa pangalan ni Yahweh na inyong Diyos. Narinig namin
ang isang ulat tungkol sa kaniya at tungkol sa lahat ng
bagay na ginawa niya sa Ehipto— **10** at lahat ng bagay na
ginawa niya sa dalawang hari ng mga Amoreo sa kabilang
dako ng Jordan—kay Sihon hari ng Hesbon, at kay Og hari
na Bashan na naroon sa Astarot. **11** Sinabi sa amin ng
aming nakatatanda at lahat ng naninirahan sa aming bansa,
'Magdala kayo ng mga pagkain sa inyong mga kamay para
sa paglalakbay. Lumakad kayo at salubungin sila at sabihin
sa kanila, "Kami ay inyong mga lingkod. Gumawa kayo ng
isang kasunduan sa amin." **12** Ito ang aming tinapay, mainit
pa ito nang kinuha namin sa aming mga bahay sa araw na
aming itinakdang pumunta rito sa inyo. Pero ngayon, tingnan
ninyo, tuyo na ito at inaamag. **13** Itong mga sisidlang balat ay
bago nang napuno ang mga ito, at tumingin ka, nasira na ang
mga ito. Ang aming mga kasuotan at aming mga sandalyas
ay naluma sa isang napakahabang paglalakbay.'" **14** Kaya
kinuha ng mga Israelita ang ilan sa kanilang mga pagkain,
pero hindi sila sumangguni kay Yahweh para sa patnubay.
**15** Gumawa ng kapayapaan si Josue sa kanila at gumawa
ng isang taimtim na pangakong pinagtibay ng dugo, para
hayaan silang mabuhay. Gumawa rin ng isang panata ang

mga pinuno ng mga tao sa kanila. **16** Pagkalipas ng tatlong
araw matapos gawin ng mga Israelita ang kasunduang ito
sa kanila, nalaman nilang sila ay kanilang kapitbahay at
nanirahan sila sa malapit. **17** Pagkatapos lumabas ang bayan
ng Israel at pumunta sa kanilang mga lungsod ng ikatlong
araw. Ang kanilang mga lungsod ay Gabaon, Caphira,
Beerot, at Kiriat Jearim. **18** Hindi sila sinalakay ang bayan
ng Israel dahil gumawa ang kanilang mga pinuno ng isang
panata tungkol sa kanila sa harapan ni Yahweh, ang Diyos
ng Israel. Nagmamaktol ang buong mga Israelita laban sa
kanilang mga pinuno. **19** Pero sinabi ng lahat ng mga pinuno
sa buong bayan, "Gumawa kami ng isang panata sa kanila
tungkol sa kanila sa pamamagitan ni Yahweh, ang Diyos ng
Israel, at ngayon hindi namin sila maaaring saktan. **20** Ito ang
gagawin natin sa kanila: Para maiwasan ang anumang galit
na maaaring dumating sa atin dahil sa panatang isinumpa
namin na sa kanila, hahayaan natin silang mabuhay." **21**
Sinabi ng mga pinuno sa kanilang bayan, "Hayaan silang
mabuhay." Kaya, naging mamumutol ng kahoy at mga
mananalok ng tubig ang mga Gabaonita para sa lahat ng
mga Israelita, tulad ng sinabi ng mga pinuno tungkol sa
kanila. **22** Ipinatawag sila ni Josue at sinabi, "Bakit nilinlang
ninyo kami nang inyong sinabi, 'Napakalayo namin mula sa
inyo', samantalang naninirahan kayo rito mismo kasama
namin? **23** Ngayon, dahil dito, isinumpa kayo at ilan sa inyo
ay palaging magiging mga alipin, iyong mga pumuputol
ng kahoy at sumasalok ng tubig para sa bahay ng aking
Diyos." **24** Sumagot sila kay Josue at sinabi, "Dahil sinabi ito
sa inyong mga lingkod na inutusan ni Yahweh na inyong
Diyos ang kaniyang lingkod na si Moises na ibigay sa inyo
ang buong lupain, at wasakin ang lahat ng naninirahan sa
lupain sa iyong harapan—kaya labis kaming natakot para sa
aming mga buhay dahil sa inyo. Kaya iyan ang dahilan kung
bakit ginawa namin ang bagay na ito. **25** Ngayon, tumingin
ka, hawak mo kami sa iyong kapangyarihan. Anuman ang
palagay ninyong mabuti at tama para gawin ninyo sa amin,
gawin ito." **26** Kaya ginawa ito ni Josue para sa kanila:
tinanggal niya sila sa pamamahala ng bayan ng Israel, at
hindi nila pinatay ng mga Israelita. **27** Sa araw na iyon
ginawa ni Josue ang mga Gabaonita na mga pamumutol ng
kahoy at mananalok ng tubig para sa komunidad, at para sa
altar ni Yahweh, hanggang sa araw na ito, sa lugar na pinili
ni Yahweh.

**10** Ngayon narinig ni Adoni-sedec, hari ng Jerusalem
na nasakop ni Josue ang Ai at tuluyang winasak ito,
gaya ng ginawa niya sa Jerico at sa hari nito. At narinig nila
kung paano gumawa ng kapayaapan ang bayan ng Gabaon
sa Israel at namumuhay na kasama nila. **2** Ang bayan ng
Jerusalem ay matindi ang takot dahil ang Gibeon ay isang
napakalaking lungsod, gaya ng isa sa mga maharlikang mga
lungsod. Ito ay mas malaki kaysa sa Ai, at ang lahat ng
kalalakihan nito ay magiging na mandirigma. **3** Kaya si
Adoni-sedec, hari ng Jerusalem, ay nagpadala ng isang
mensahe kay Oham, hari ng Hebron, kay Piram, hari ng
Jarmuth, kay Japhia, hari ng Lachish, at kay Debir, hari ng
Eglon: **4** Umakyat kayo sa akin at tulungan ako. Salakayin
natin ang Gabaon dahil gumawa sila ng kapayapaan kay
Josue at sa bayan ng Israel." **5** Ang limang hari ng Amoreo,
ang hari ng Jerusalem, ang hari ng Hebron, ang Hari ng
Jarmuth, ang hari ng Lachish, at hari ng Eglon ay umakyat,
sila at lahat ng kanilang mga hukbo. Pinaghandaan nila ang
kanilang kinalalagyan laban sa Gabaon, at sinalakay nila ito.
**6** Ang bayan ng Gabaon ay nagpadala ng isang mensahe kay
Josue at sa mga hukbo sa Gilgal. Sinabi nila, "Magmadali
kayo! Huwag ninyong alisin ang inyong mga kamay sa
inyong mga alipin. Umakyat kayo rito ng mabilisan at iligtas
kami. Tulungan ninyo kami, dahil ang lahat ng hari ng mga
Amoreo na nakatira sa maburol na bansa ay nagtipon ng
sama-sama para salakayin kami." **7** Umakyat si Josue mula
sa Gilgal, siya at ang mga lalaking mandirigma, at lahat ng
lumalaban na kalalakihan. **8** Sinabi ni Yahweh kay Josue,
"Huwag kang matakot sa kanila. Ibinigay ko sila sa inyong
mga kamay. Wala isa sa kanila na makakapigil sa inyong
pagsalakay." **9** Madaling nakarating si Josue sa kanila,
naglakad ng buong magdamag mula sa Gilgal. **10** At nilito ni
Yahweh ang mga kaaway sa harap ng Israel— na kung saan
napatay sila sa isang malawakang pagpatay sa Gabaon,
at tinugis sila sa daan paakyat ng Beth Horon, at pinatay
sila sa daan ng Azeka at Maceda. **11** Habang tumatakbo
sila mula sa Israel, pababa sa burol ng Beth Horon, hinulog
ni Yahweh sa kanila ang mga malalaking bato mula sa
langit hanggang sa Azeka, at namatay sila. Mas marami
ang namatay dahil sa mga bato kaysa sa mga napatay sa
pamamagitan ng mga espada sa mga kalalakihan ng Israel.
**12** Pagkatapos nakipag-usap si Josue kay Yahweh sa araw
na iyon na binigyan ni Yahweh ng tagumpay ang kalalakihan
ng Israel laban sa mga Amoreo. Ito ang sinabi ni Josue
kay Yahweh sa harap ng Israel, "Araw, manatili sa Gabaon,
at buwan, sa lambak ng Ajalon." **13** Ang araw ay nanatili
pa rin, at ang buwan tumigil sa paggalaw hanggang ang
bansa ay naghiganti sa kanilang mga kaaway. Hindi ba ito
nakasulat sa Ang Aklat ni Jashar? Nanatili ang araw sa gitna
ng langit; hindi ito bumaba sa isang buong araw. **14** Wala
pang nangyari sa anumang araw gaya ng pangyayaring
ito dati o pagkatapos nito, nang sinunod ni Yahweh ang
salita ng isang tao. Dahil si Yahweh ay nakikipagdigmaan sa
kapakanan ng Israel. **15** Si Josue at ang buong Israel na
kasama niya ay bumalik sa kampo ng Gilgal. **16** Ngayon

nakatakas ang limang hari at nagtago sila sa loob ng kuweba
sa Maceda. 17 Sinabi ito kay Josue, “Natagpuan sila! —ang
limang hari na nagtago sa loob ng kuweba sa Maceda!”
18 Sinabi ni Josue, “Igulong ang malaking mga bato sa
bukana ng kuweba at maglagay ng mga sundalo roon para
bantayan sila. 19 Huwag kayong manatili roon. Tugisin ang
inyong mga kaaway at salakayin sila mula sa likuran. Huwag
silang pahintulutang makapasok sa loob ng kanilang mga
lungsod dahil si Yahweh ang inyong Diyos ibinigay na sila sa
inyong mga kamay.” 20 Si Josue at ang mga anak ni Israel
ay tinapos ang pagpatau sa kanila sa isang napakatinding
pagpatay, hanggang sila ay halos tuluyan ng mawasak; ilan
lamang ang nakaligtas na tumakas sa mga pinatibay na
mga lungsod. 21 Pagkatapos bumalik ang buong hukbo
ng mapayapa kay Josue sa mga kampo sa Maceda. At
walang sinuman ang nangahas magsalita ng isang salita
laban sa sinumang bayan ng Israel. 22 Pagkatapos sinabi ni
Josue, “Buksan ang bukana ng kuweba at mula sa kuweba
dalhin sa akin ang limang haring ito.” 23 Ginawa nila gaya
ng sinabi niya. Dinala nila sa kaniya ang limang hari mula
sa kuweba—ang hari ng Jerusalem, ang hari ng Hebron,
ang hari ng Jarmuth, ang hari ng Lachish, at ang hari ng
Eglon. 24 At nang dinala nila ang mga hari kay Josue,
ipinatawag niya ang bawat kalalakihan ng Israel, at sinabi
niya sa mga pinuno ng mga sundalo na nakasama niya sa
labanan, “Ilagay ninyo ang inyong mga paa sa kanilang mga
leeg.” Kaya lumapit sila at inilagay ang kanilang mga paa sa
kanilang mga leeg. 25 Pagkatapos sinabi niya sa kanila,
“Huwag kayong matakot at huwag kayong mabagabag.
Maging malakas at matapang. Ito ang gagawin ni Yahweh
sa lahat ng inyong mga kaaway na kakalabanin ninyo.” 26
Pagkatapos sinalakay at pinatay ni Josue ang mga hari.
Ibinitin niya sila sa ibabaw ng limang puno. Nakabitin sila sa
mga puno hanggang gabi. 27 Nang palubog na ang araw,
nagbigay ng mga utos si Josue, at ibinaba sila mula sa
mga puno at inihagis sila sa loob ng kuweba kung saan sila
nagtago. Nilagyan nila ng malalaking bato ang bukana ng
kuweba. Ang mga batong iyon nanatili pa rin hanggang sa
araw na ito. 28 Sa ganitong paraan, nasakop ni Josue ang
Maceda sa araw na iyon at pinatay ang bawat isa gamit ang
espada, kasama ang hari nito. Tuluyan niya silang winasak
at bawat nabubuhay na nilalang doon. Wala siyang itinirang
mga nakaligtas. Ginawa niya ito sa hari ng Maceda gaya
ng ginawa niya sa hari ng Jerico. 29 Dumaan si Josue at
buong Israel mula sa Maceda patungong Libna. Pumunta
siya sa labanan sa Libna. 30 Ibinigay din ni Yahweh ito sa
kamay ng Israel—kasama ang kanilang hari. Sinalakay ni
Josue ang bawat nabubuhay na nilalang sa loob nito gamit
ag espada. Wala siyang iniwang nakaligtas na buhay sa
loob nito. Ginawa niya sa hari gaya ng ginawa niya sa hari
ng Jerico. 31 Pagkatapos dumaan si Josue at ang buong
Israel mula sa Libna patungong Lachish. Nagkampo siya
dito at nakipagdigmaan laban dito. 32 Ibinigay ni Yahweh
ang Lachish sa kamay ng Israel. Nasakop ni Josue ito ng
ikalawang araw. Sinalakay niya gamit ang kaniyang espada
bawat nabubuhay na nilalang na nasa loob nito, gaya ng
ginawa niya sa Libna. 33 Pagkatapos dumating si Horam,
hari ng Gezer para tulungan ang Lachish. Sinalakay siya ni
Josue at ang kaniyang hukbo hanggang walang nakaligtas
na naiwan. 34 Pagkatapos dumaan si Josue at buong Israel
mula sa Lachish patungong Eglon. Nagkampo sila rito at
nakipagdigmaan laban dito, 35 at nasakop ito ng parehong
araw. Sinalakay nila ito gamit ang espada at tuluyan nilang
winasak ang lahat dito, gaya ng ginawa ni Josue sa Lachish.
36 Pagkatapos dumaan si Josue at buong Israel mula sa
Eglon patungong Hebron. Nakipagdigmaan sila laban dito.
37 Nasakop nila ito at sinalakay gamit ang espada ang
lahat dito, kasama ang hari at ang lahat ng mga nayon na
nakapalibot dito. Tuluyan nilang winasak ang bawat buhay
na nilalang dito, walang iniwang nakaligtas, gaya ng ginawa
ni Josue sa Eglon. Tuluyan niyang winasak ito, at ang bawat
buhay na nilalang dito. 38 Pagkatapos bumalik si Josue, at
ang buong hukbo ni Israel na kasama niya, at dumaan sila
sa Debir at nakipagdigmaan laban dito. 39 Nasakop niya
ito at ang hari, at ang lahat ng mga katabing nayon nito.
Sinalakay nila ang mga ito gamit ang espada at tuluyang
winasak ang bawat nabubuhay na nilalang dito. Hindi nag-
iwan ng mga nakaligtas si Josue, gaya ng ginawa niya sa
Hebron at ang hari nito, gaya ng ginawa niya sa Libnah
at ang hari nito. 40 Nasakop ni Josue ang lahat ng lupain,
ang maburol na bansa, ang Negev, ang mga kapatagan, at
ang mga mababang burol. Sa lahat ng kanilang mga hari
wala siyang iniwang nakaligtas. Tuluyan niyang winasak ang
bawat nabubuhay na bagay, gaya ni Yahweh, ang Diyos
ng Israel, na iniutos. 41 Sinalakay sila ni Josuegamit ang
espada mula Kades Barnea hanggang Gaza, at lahat ng
bansa sa Gosen hanggang Gabaon. 42 Nasakop ni Josue
ang lahat ng mga haring ito at ang kanilang lupain sa isang
iglap dahil si Yahweh, ang Diyos ng Israel, nakipaglaban
para sa Israel. 43 Pagkatapos si Josue, at ang lahat ng
Israel kasama niya, ay bumalik kampo sa Gilgal.

**11** Nang narinig ito ni Jabin, hari ng Hazor, nagpadala siya
ng isang mensahe kay Jobab, hari ng Madon, sa hari
ng Shimron, at sa hari ng Acsap. 2 Nagpadala rin siya ng
mensahe sa mga hari na nasa hilagang maburol na bansa,
sa Ilog Jordan lambak sa katimugan ng Cinneret, sa mga
kapatagan, at sa maburol ng bansa ng Dor sa kanluran. 3
Nagpadala rin siya ng isang mensahe sa mga Cananaeo

sa silangan at kanluran, ang mga anak ni Het, ang mga
Perezeo, ang mga Jebuseo sa maburol na bansa, at ang
mga Hivita sa Bundok Hermon sa lupain ng Mispa. **4** Lahat
ng kanilang hukbo ay dumating kasama nila, isang malaking
bilang ng mga sundalo, sa bilang na gaya ng mga buhangin
sa dalampasigan. Mayroon silang napakalaking bilang ng
mga kabayo at mga karwahe. **5** Nagkita ang lahat ng mga
haring ito sa itinakdang oras, at nagkampo sila sa mga tubig
ng Merom para makipaglaban sa Israel. **6** Sinabi ni Yahweh
kay Josue, "Huwag kang matakot sa kanilang harapan,
dahil bukas sa oras na ito ibibigay ko silang lahat sa Israel
bilang patay na kalalakihan. Pipilayin mo ang kanilang mga
kabayo, at susunugin mo ang kanilang mga karwahe." **7**
Dumating si Josue at lahat ng mga lalaking mandirigma.
Dumating silang bigla sa mga tubig ng Merom, at nilusob
ang mga kaaway. **8** Ibinigay ni Yahweh ang kaaway sa
kamay ng Israel, at sinaksak nila sila ng espada at hinabol
sila sa Sidon, Misrepot Maim, at sa lambak ng Mispa sa
silangan. Sinalakay nila sila gamit ang espada hanggang
walang nakaligtas sa kanila ang natira. **9** Ginawa ni Josue
sa kanila gaya ng sinabi sa kaniya ni Yahweh. Pinilayan niya
ang mga kabayo at sinunog ang mga karwahe. **10** Bumalik
si Josue sa oras na iyon at binihag ang Hazor. Sinaksak
niya ang hari gamit ang espada. (Naging pinuno ang Hazor
ng lahat ng mga kahariang ito.) **11** Sinalakay nila gamit ang
espada ang lahat ng buhay na nilalang ang naroroon, at
hiniwalay niya sila para wasakin, kaya walang buhay na
nilalang ang natirang buhay. Pagkatapos sinunog niya ang
Hazor. **12** Binihag ni Josue lahat ng mga lungsod ng mga
haring ito. Binihag din niya ang lahat ng kanilang mga hari at
nilusob sila gamit ang espada, gaya ng inutos ni Moises
na lingkod ni Yahweh. **13** Hindi sinunog ng Israel ang mga
lungsod na ginawa sa mga tambak, maliban sa Hazor. Si
Josue lamang ang nagsunog nito. **14** Kinuha ng hukbo ng
Israel ang lahat ng ninakaw mula sa mga lungsod na ito
kasama ng mga alagang hayop para sa kanilang mga sarili.
Pinatay nila ang bawat tao gamit ang espada hanggang ang
lahat ay namatay. Wala silang itinirang buhay na nilalang. **15**
Gaya ng inutos ni Yahweh sa kianyang lingkod na si Moises,
sa parehong paraan, inutos ni Moises kay Josue. At kaya
walang iniwan si Josue na hindi tapos sa anumang bagay sa
lahat ng inutos na iyon ni Yahweh kay Moises na gawin. **16**
Kinuha ni Josue ang lahat ng lupaing iyon, ang maburol na
bansa, lahat ng Negev, lahat ng lupain ng Goshen, ang mga
mababang burol, ang lambak Ilog Jordan, ang maburol na
bansa ng Israel, at ang mga mababang lupain. **17** Mula sa
Bundok Halak na malapit sa Edom, at papuntang hilaga gaya
sa layo ng Baal Gad sa lambak malapit sa Lebanon sa ibaba
ng Bundok Hermon, binihag niya lahat ng kanilang mga hari
at pinatay sila. **18** Nakipaglaban si Josue ng isang mahabang
panahon sa lahat ng mga hari. **19** Walang isang lungsod ang
gumawa ng kapayapaan sa mga hukbo ng Israel maliban sa
mga Hivita na naninirahan sa Gabaon. Binihag ng Israel
lahat ng natitirang mga lungsod sa digmaan. **20** Dahil si
Yahweh ang nagpatigas sa kanilang mga puso para sila
ay pumunta at makipaglaban sa Israel, kaya ganap niyang
winasak sila, at hindi nagpapakita ng awa sa kanila, gaya sa
itinuro niya kay Moises. **21** Pagkatapos dumating si Josue
sa panahong iyon at winasak niya ang Anakim. Ginawa niya
ito sa maburol na bansa, sa Hebron, Debir, Anab, at sa
lahat ng maburol na bansa ng Juda, at sa lahat ng maburol
na bansa ng Israel. Ganap na winasakl ni Josue sila at
kanilang mga lungsod. **22** Wala sa mga Anakim ang natira
sa lupain ng Israel maliban sa Gaza, Gat, at Asdod. **23**
Kaya binihag ni Josue ang buong lupain, gaya ng sinabi
ni Yahweh kay Moises. Ibinigay ni Josue ito bilang isang
pamana ng Israel, itinalaga sa bawat lipi nila. Pagkatapos
nagkaroon ng pahinga ang lupain mula sa mga digmaan.

**12** Ngayon ito ang mga hari ng lupain, na siyang lumupig
ng kalalakihan ng Israel. Inangkin ng mga Israelita ang
lupa sa silangang bahagi ng Jordan kung saan sumisikat
ang araw, mula sa lambak ng Ilog Arnon patungo sa Bundok
Hermon, at lahat ng Araba sa silangan. **2** Si Sihon ay hari ng
mga Amoreo, na nakatira sa Hesbon. Namuno siya mula sa
Aroer, kung saan nasa gilid ng bangin ng Arnon mula sa gitna
ng lambak, at kalahati ng Galaad pababa sa Ilog Jabbok
sa hangganan ng mga Ammonita. **3** Pinamunuan din ni
Sihon ang Araba patungo sa Dagat ng Cinneret, sa silangan,
patungo sa Dagat ng Araba (ang Dagat ng Asin) patungong
silangan, hanggang sa Beth Jesimot at patungong timog,
patungo sa paanan ng mga libis ng Bundok Pisga. **4** Si Og,
hari ng Bashan, isa sa natira ng Rephaim, na nanirahan sa
Astarot at Edrei. **5** Namuno siya sa Bundok Hermon, Saleca,
at lahat ng Bashan, patungo sa hangganan ng bayan ng
Gesur at mga Maacateo, at kalahati ng Galaad, patungo sa
hangganan ni Sihon, hari ng Hesbon. **6** Tinalo sila ni Moises
na lingkod ni Yahweh, at ng bayan ng Israel, at ibinigay ni
Moises na lingkod ni Yahweh ang lupain bilang pag-aari
sa mga Rubenita, ng mga Gadita, at sa kalahating lipi ni
Manases. **7** Ito ang mga hari ng lupain na siyang tinalo ni
Josue at ng bayan ng Israel sa kanlurang bahagi ng Jordan,
mula sa Baal Gad sa lambak malapit sa Lebanon patungo
sa Bundok Halak malapit sa Edom. Ibinigay ni Josue ang
lupain sa mga lipi ng Israel para sa kanila para angkinin. **8**
Ibinigay niya ang maburol na bansa, ang mga mababang
lupain, ang Araba, ang mga gilid ng mga bundok, ang ilang,
at ang Negeb—ang lupain ng mga Heteo, mga Amoreo,
mga Cananaeo, mga Perezeo, mga Hivita, at mga Jebuseo.

**9** Ang mga hari kabilang ang hari ng Jerico, ang hari ng
Ai na nasa tabi ng Bethel, **10** ang hari ng Jerusalem, ang
hari ng Enaim, **11** ang hari ng Jarmut, ang hari ng Lachish,
**12** ang hari ng Eglon, ang hari ng Gezer, **13** ang hari ng
Debir, ang hari ng Geder, **14** ang hari ng Horma, ang hari
ng Arad, **15** ang hari ng Libna, ang hari ng Adulam, **16**
ang hari ng Maceda, ang hari ng Bethel, **17** ang hari ng
Tappua, ang hari ng Hepher, **18** ang hari ng Apek, ang hari
ng Lasaron, **19** ang hari ng Madon, ang hari ng Hasor, **20**
ang hari ng Simron-Meron, ang hari ng Acsap, **21** ang hari
ng Taanac, ang hari ng Megiddo, **22** ang hari ng Kedes, ang
hari ng Jocneam sa Carmel, **23** ang hari ng Dor sa Napat
Dor, ang hari ng Goyim sa Gilgal, **24** at ang hari ng Tirsa.
Ang kabuuang bilang ng mga hari ay tatlumpu't isa.

**13** Ngayon matanda na si Josue at nasa ganap ng mga
taon nang sinabi ni Yahweh sa kaniya, “Matanda ka na
at marami ng taon ang iyong dinaanan, pero napakarami pa
ring lupain ang bibihagin. **2** Ito pa rin ang lupaing natitira:
lahat ng mga rehiyon ng mga Palestina, at lahat ng mga
Gessureo, **3** (mula sa Sihor, na nasa silangan ng Ehipto, at
pahilaga sa hangganan ng Ekron, na itinuring na ari-arian
ng mga Cananaeo; ang limang namumuno ng Palestina,
ng mga Gazeo, Asdodeo, Ashkelon, Gath, at Ekron—ang
nasasakupan ng mga Awites). **4** Doon sa timog, mayroon pa
rin lahat ng mga lupain ng mga Cananaeo, at Meara na
pag-aari ng mga taga-Sidon, sa Apek, sa hangganan ng
mga Amoreo; **5** ang lupain ng mga Gebalita, ang buong
Lebanon patungo sa sikat ng araw, mula sa Baal Gad sa
ibaba ng Bundok Hermon hanggang Lebo Hamat. **6** Gayon
din, lahat ng mga naninirahan sa maburol na lupain mula sa
Lebanon hanggang sa Misrepot Maim, kabilang ang buong
bayan ng Sidon. Itataboy ko sila sa harapan ng mga hukbo
ng Israel. Tiyaking italaga ang lupain sa Israel bilang isang
pamana, ayon sa inutos ko sa iyo. **7** Hatiin ang lupaing
ito bilang isang pamana para sa siyam na lipi at para sa
kalahating lipi ni Manases.” **8** Kasama ang ibang kalahating
lipi ni Manases, ang mga Rubenita at ang mga Gadita ay
nakatanggap ng kanilang mga mana na ibinigay ni Moises
sa kanila sa bandang silangan ng Jordan, **9** mula sa Aroer,
na nasa gilid ng bangin sa ilog Arnon (kabilang ang lungsod
na nasa gitna ng bangin), sa lahat ng kapatagan ng Medeba
hanggang sa Dibon; **10** lahat ng mga lungsod ng Sihon, hari
ng mga Amoreo, na namuno sa Hesbon, sa hangganan ng
mga Ammonita; **11** Galaad, at ang rehiyon ng mga Gesurita
at mga Maacateo, buong Bundok Hermon, buong Basan
hanggang Saleca; **12** ang buong kaharian ng Og sa Basan,
na naghari sa Astarot at Edrei—ito ang mga naiwan sa labi
ng Rephaim—sinalakay sila ni Moises gamit ang espada at
itinaboy sila. **13** Pero hindi pinalayas ng bayan ng Israel ang
mga Gesurita o ang mga Maacateo. Sa halip, nanirahan ang
Gesur at Maacat sa Israel hanggang sa araw na ito. **14** Ang
lipi lamang ni Levi ang hindi binigyan ni Moises ng pamana.
“Ang mga handog kay Yahweh, ang Diyos ng Israel, gumawa
sa pamamagitan ng apoy,” ang kanilang pamana, tulad
ng sinabi ng Diyos kay Moises. **15** Binigyan ni Moises ng
isang pamana ang lipi ni Ruben, angkan sa angkan. **16** Ang
kanilang nasasakupan ay mula sa Aroer, sa gilid ng bangin
ng Ilog Arnon, at ang lungsod na nasa gitna ng lambak, at
buong kapatagan sa Medeba. **17** Tinanggap din ni Ruben
ang Hesbon, at ang lahat ng mga lungsod nito na nasa
kapatagan, Dibon, at Bamoth Baal, at Beth Baalmeon, **18** at
Jahaz, at Kademot, at Mepaat, **19** at Kiriataim, at Sibma, at
Zeretsahar sa burol ng lambak. **20** Tinanggap din ni Ruben
ang Beth Peor, ang mga libis ng Pisga, Beth Jeshimot, **21**
lahat ng mga lungsod ng kapatagan, at ang buong kaharian
ni Sihon na hari ng mga Amoreo, na naghari sa Hesbon, na
magkasamang tinalo ni Moises kasama ang mga pinuno ng
Midian, Evi, Rekem, Zur, Hur at Reba, ang mga prinsipe ni
Sihon, na nanirahan sa lupain. **22** Pinatay din ng bayan ng
Israel si Balaam na anak na lalaki ni Beor gamit ang espada,
na nagsanay sa paghula, kasama ang ibang pinatay nila.
**23** Ang hangganan ng lipi ni Ruben ay ang Ilog Jordan; ito
ang kanilang hangganan. Ito ang pamana ng lipi ni Ruben,
ibinigay sa bawat mga angkan nila, kasama ng kanilang mga
lungsod at mga nayon. **24** Ito ang ibinigay ni Moises sa lipi ni
Gad, angkan sa angkan: **25** Ang kanilang nasasakupan ay
Jacer, lahat ng mga lungsod ng Galaad at kalahati ng lupa
ng mga Ammonita, hanggang Aroer, na nasa silangan ng
Rabba, **26** mula sa Hesbon hanggang sa Ramath Mizpeh at
Betonim, mula sa Mahanaim hanggang sa nasasakupan ng
Debir. **27** Doon sa lambak, binigay sa kanila ni Moises ang
Beth Haram, Beth Nimra, Sucot, at Zapon, ang natitirang
kaharian ni Sihon na hari ng Hesbon, kasama ang Jordan
bilang isang hangganan, hanggang sa ibabang dulo ng
dagat ng Cinneret, pasilangan sa ibayo ng Jordan. **28** Ito
ang pamana ng lipi ni Gad, angkan sa angkan, kasama
ang kanilang mga lungsod at mga nayon. **29** Nagbigay ng
pamana si Moises sa kalahating lipi ni Manases. Itinalaga
ito sa kalahating lipi ng bayan ni Manases, ibinigay sa
bawat mga lipi nila. **30** Ang kanilang nasasakupan ay mula
sa Mahanaim, buong Basan, buong kaharian ni Og hari
ng Basan, at sa buong bayan ng Jair, na nasa Basan,
animnapung lungsod; **31** kalahati ng Galaad, at Astarot at
Edrei (ang mga maharlikang lungsod ng Og sa Basan). Ito
ang mga itinalaga sa angkan ni Machir na anak na lalaki ni
Manases—kalahati ng bayan ni Machir, na ibinigay sa bawat
mga pamilya nila. **32** Ito ang pamana na itinalaga ni Moises
sa kanila sa mga kapatagan ng Moab, sa ibayo ng Jordan

silangan ng Jerico. 33 Hindi binigyan ni Moises ng pamana
ang lipi ng Levi. Yahweh, ang Diyos ng Israel ang kanilang
pamana, tulad ng sinabi niya sa kanila.

14 Ito ang mga lugar ng lupain na tinanggap ng bayan
ng Israel bilang kanilang mana sa lupain ng Canaan,
na nakalaan para sa kanila ni Eleazar na pari, ni Josue na
anak na lalaki ni Nun, at ng mga pinuno ng mga lipi ng
mga pamilya ng kanilang mga ninuno sa loob ng bayan ng
Israel. 2 Ang kanilang pamana ay pinili sa pamamagitan
ng palabunutan para sa siyam at kalahating mga lipi, gaya
lamang ng iniutos ni Yahweh sa pamamagitan ng kamay ni
Moises, 3 Dahil ibinigay ni Moises ang pamana sa dalawa at
kalahating mga lipi sa ibayong Jordan, pero sa mga Levita,
wala siyang pamana. 4 Ang lipi ni Jose ay talagang dalawang
lipi, Manases at Ephraim. At walang bahagi ng pamana
ang ibinigay sa mga Levita doon sa lupain, pero may mga
lungsod lamang para matirahan, kasama ang kanilang mga
lupang-pastulan para sa kanilang alagang baka at para sa
kanilang sariling materyal na pangangailangan. 5 Ginawa ng
bayan ng Israel ang iniutos ni Yahweh kay Moises, kaya
naitalaga nila ang lupain. 6 Pagkatapos nagpunta ang lipi
ni Juda kay Josue sa Gilgal. Sinabi ni Caleb na anak ni
Jepunne na Canezeo, sinabi sa kaniya, “Alam mo kung
ano ang sinabi ni Yahweh kay Moises na lingkod ng Diyos
tungkol sa iyo at sa akin sa Kades Barnea. 7 Apatnapung
taong gulang ako nang isinugo ako ni Moises na lingkod
ni Yahweh mula sa Kades Barnea para magmanman sa
lupain. Muli akong nagdala nang isang ulat sa kaniya na
parang ito ay nasa puso ko para gawin. 8 Pero ang aking
mga kapatid ay sumama sa akin na nagawang matakot ang
puso ng bayan. Pero lubos akong sumunod kay Yahweh
na aking Diyos. 9 Sumumpa si Moises sa araw na iyon na
sinasabing, 'Tiyak na ang lupang nilakaran mo ay magiging
isang pamana para sa iyo at para sa iyong mga anak
magpakailanman, dahil lubos kang sumunod kay Yahweh
na aking Diyos.' 10 Ngayon, tingnan mo! Pinanatili akong
buhay ni Yahweh nitong apatnapu't limang taon, gaya ng
kaniyang sinabi—mula sa panahon nang sinabi ni Yahweh
ang salitang ito kay Moises, habang naglalakad ang Israel
sa ilang. Ngayon, tingnan mo! Walumpu't limang taong
gulang na ako. 11 Malakas pa rin ako ngayon gaya noong
araw na isinugo ako ni Moises. Ang lakas ko ngayon ay
katulad ng lakas ko noon, para sa digmaan at para sa
pag-alis at sa pagdating. 12 Kaya ngayon ibigay mo sa
akin ang maburol na bansang ito, na ipinangako sa akin ni
Yahweh ng araw na iyon. Dahil narinig mo sa araw na iyon
ang Anakim ay mayroong malalaking pinagtibay na mga
lungsod. Maaaring si Yahweh ay magiging kasama ko at
paalisin ko sila, gaya nang sinabi ni Yahweh.” 13 Pagkatapos
pinagpala siya ni Josue at ibinigay ang Hebron bilang isang
pamana kay Caleb na lalaking anak ni Jepunne. 14 Kaya
naging pamana ang Hebron kay Caleb na lalaking anak
ni Jepunne na Cenezeo hanggang sa araw na ito, dahil
lubos siyang sumunod kay Yahweh, ang Diyos ng Israel. 15
Ngayon, Kiriat Arba ang dating pangalan ng Hebron. (Si
Arba ang pinakadakilang lalaki sa mga Anakim). Pagkatapos
nagkaroon ng kapahingahan ang lupain mula sa digmaan.

15 Ang pagtatakda ng lupain para sa lipi ng bayan ng
Juda, ibinigay sa kanilang mga angkan, pinalawak
ang timog hanggang sa hangganan ng Edom, kasama ang
ilang ng Sin bilang pinaka-malayong dako sa timog. 2 Ang
kanilang hangganan sa timog ay sinimulan sa dulo ng Dagat
ng Asin, mula sa dalampasigan na nakaharap sa timog. 3
Ang sumunod na kanilang hangganan ay lumabas sa timog
ng kaburulan ng Akrabbim at dumaan sa Sin, at umahon
sa timog ng Kades Barnea, sa Hezron, at hanggang sa
Addar, kung saan lumiko patungong Karka. 4 Dumaan ito
patungong Azmon, nagdaan sa batis ng Ehipto, at dumating
ito sa dulo ng dagat. Ito ang kanilang hangganan sa timog.
5 Ang silangang hangganan ay ang Dagat ng Asin, na nasa
bibig ng Jordan. Ang hangganan sa hilaga ay nagsisimula
sa dalampasigan ng dagat sa bibig ng Jordan. 6 Umahon ito
sa Beth Hogla at dumaan patungong timog ng Beth Araba.
Pagkatapos umahon ito sa Bato ng Bohan (si Bohan ang
anak na lalaki ni Reuben). 7 Pagkatapos ang hangganang
paahon sa Debir mula sa lambak ng Achor, at gayon
din pahilaga, lumiliko patungong Gilgal, na kasalungat sa
kaburulan ng Adummim, na nasa katimugang bahagi ng
ilog. Pagkatapos ang hangganan na dinaanan sa mga bukal
ng En Shemes at papuntang En Rogel. 8 Pagkatapos ang
hangganang paahon sa lambak ng Ben Hinnom patungo sa
bahaging timog ng lungsod ng Jebuseo (iyon ay, Jerusalem).
Pagkatapos paahon ito sa tuktok ng kaburulan na nasa
lambak ng Hinnom, sa kanluran, na nasa dulo ng hilagang
parte ng lambak ng Rephaim. 9 Pagkatapos umabot sa
hangganan mula sa tuktok ng mga burol papunta sa bukal ng
Neptoa, at lumabas mula doon papunta sa mga lungsod ng
Bundok Efron. Pagkatapos lumiko ang hangganan paikot sa
Baala (pareho sa Kiriat Jearim). 10 Pagkatapos umikot ang
hangganan sa kanluran ng Baala sa Bundok Seir, at dumaan
sa gilid ng Bundok Jearim sa Hilaga (pareho sa Kesalon),
bumaba sa Beth Shemes, at dumaan sa Timna. 11 Lumabas
ang hangganan sa gilid ng pahilagang burol ng Ekron, at
pagkatapos lumiko paikot sa Sikeron at dumaan sa Bundok
Baala, mula sa kung saan papunta hanggang Jabneel.
Nagtapos ang hangganan sa dagat. 12 Ang Malaking Dagat
ang hangganan ng pakanluran at ng mga dalampasigan nito.
Ito ang hangganang paikot sa lipi ni Juda, angkan sa angkan.

13 Sa pagsunod ng utos ni Yahweh kay Josue, Binigyan
ni Josue si Caleb na anak na lalaki ni Jepunne ng isang
itinalagang lupain sa kalagitnaan ng lipi ng Juda, Kiriat, Arba,
iyon ay Hebron. (Si Arba ang ama ni Anak.) 14 Pinalayas ni
Caleb mula doon ang tatlong lipi ng mga kaapu-apuhan ni
Anak: Sesai Aiman at Talmai, mga kaapu-apuhan ni Anak.
15 Umakyat siya mula doon laban sa mga naninirahan sa
Debir (ang pangalang Debir ay karaniwang tinawag na Kiriat
Seper). 16 Sinabi ni Caleb, "Ang lalaking lulusob sa Kiriat
Seper at bibihagin ito, ibibigay ko sa kaniya si Acsa ang
aking anak na babae bilang isang asawa." 17 Si Otniel anak
na lalaki ni Kenaz, kapatid na lalaki ni Caleb, ang bumihag
dito. Kaya ibinigay ni Caleb sa kanya si Acsa na kaniyang
anak na babae bilang isang asawa. 18 Nangyari ito nang
pumunta si Acsa sa kaniya, pilit siyang humingi sa kaniyang
ama ng isang bukid. At nang bumaba siya sa kaniyang
asno, sinabi ni Caleb sa kaniya, "Ano ang nais mo?" 19
Sumagot si Acsa, "Gumawa ka sa akin ng isang natatanging
pabor. Yamang ibinigay mo sa akin ang lupain ng Negev,
bigyan mo rin ako ng ilang mga bukal ng tubig." At ibinigay
ni Caleb sa kanya ang mataas na bahagi ng mga bukal at
mababang bahagi ng mga bukal. 20 Ito ay ang minana ng
lipi ng bayan ng Juda, na ibinigay sa kanilang mga angkan.
21 Ang mga lungsod na kabilang sa lipi ng Juda na nasa
pinaka-timog, patungo sa hangganan ng Edom, ay ang mga
Kabzeel, Eder, Jagur, 22 Kina, Dimona, Adada, 23 Kedes,
Hazor, Itnan, 24 Zip, Telem, Bealot. 25 Hazor Hadatta,
Keriot Hezron (Ito rin ay kilala bilang Hazor), 26 Amam,
Sema, Molada, 27 Hazar, Gadda, Hesmon, Beth Pelet, 28
Hazar Sual, Beerseba, Bizotia. 29 Baala, Iyim, Ezem, 30
Eltolad, Cesil, Horma, 31 Siclag, Madmanna, Sansanna, 32
Lebaot, Silim, Ain, at Rimmon. Ang mga ito ay dalawamput-
siyam na mga lungsod lahat, hindi kabilang ang kanilang
mga nayon. 33 Sa babang bahagi ng maburol na bansa sa
kanluran, naroon ang mga Estaol, Zora, Asna, 34 Sanoa, En
Gannim, Tappua, Enam, 35 Jarmut, Adullam, Soco, Azeka,
36 Saaraim, Aditaim, at Gedera (ito ay Gederotaim). Ang
mga ito ay labing-apat na lungsod sa bilang, hindi kabilang
ang kanilang mga nayon. 37 Zenan, Hadasa, Migdalgad, 38
Dilean, Mispa, Jokteel, 39 Lachis, Bozkat, Eglon. 40 Cabbon,
Lamam, Citlis, 41 Gederot, Beth Dagon, Naama, Maceda.
Ang mga ito ay labing-anim na lungsod sa bilang, hindi
kabilang ang kanilang mga nayon. 42 Libna, Ether, Asan, 43
Ipta, Asna, Nezib, 44 Keila, Achzib, Maresa, Ang mga ito ay
siyam na lungsod, hindi kabilang ang kanilang mga nayon.
45 Ang Ekron, kasama ang nakapaligid na mga bayan at mga
nayon dito; 46 mula Ekron hanggang sa Malaking Dagat,
lahat ng mga pamayanan na malapit sa Asdod, kasama ang
kanilang mga nayon. 47 Ang Asdod, ang nakapaligid na
mga bayan at mga nayon dito; Ang Gaza, ang nakapaligid
na mga bayan at mga nayon dito; hanggang sa batis ng
Ehipto, at sa Malaking Dagat kasama ng dalampasingan
nito. 48 Sa kaburulang bansa, Samir, Jattir, Soco, 49 Danna,
Kiriat Sanna (ito ay Debir), 50 Anab, Estemo, Anim, 51
Gosen, Holon, at Gilo. Ang mga ito ay labing-isang lungsod,
hindi kabilang ang kanilang mga nayon. 52 Arab, Duma,
Esan, 53 Janim, Beth Tappua, Apeka, 54 Humta, Kiriat Arba
(ito ay Hebron), at Zior. Ito ang siyam na lungsod, hindi
kabilang ang kanilang mga nayon. 55 Maon, Carmel, Zip,
Jutta, 56 Jezreel, Jokdeam, Zanoa, 57 Kain, Gibea, at Timna.
Ang mga ito ay sampung mga lungsod, hindi kabilang ang
kanilang mga nayon. 58 Halhul, Beth Zur, Gedor, 59 Maarat,
Beth Anot, at Eltekon. Ang mga ito ay anim na mga lungsod,
hindi kabilang ang kanilang mga nayon. 60 Kiriat Baal, (ito
ay Kiriat Jearim), at Rabba. Ito ang dalawang lungsod, hindi
kabilang ang kanilang mga nayon. 61 Sa ilang, naroroon ang
Beth Araba, Middin, Secaca, 62 Nibsan, ang Lungsod ng
Asin, at En Gedi. Ito ang anim na lungsod, hindi kabilang
ang kanilang mga nayon. 63 Pero para sa mga Jebuseo,
hindi mapaalis ang mga naninirahan sa Jerusalem, ng lipi ni
Juda, kaya nanirahan doon ang mga Jebuseo kasama ang
lipi ni Juda hanggang sa araw na ito.

16 Umabot mula Jordan sa Jerico ang pagtatalaga ng
lupain para sa lipi ni Jose, sa silangan ng mga bukal
ng Jerico, sa ilang, paakyat mula sa Jerico patungo sa
maburol na bansa ng Bethel. 2 Pagkatapos papunta ito
mula sa Bethel hanggang sa Luz at dumaan patungong
Atarot, ang lupain ng mga Arkita. 3 Pagkatapos bumaba ito
pakanluran sa lupain ng mga Jaflatita, hanggang sa kalayuan
ng lupain ng babang Beth Horon, at pagkatapos patungo
sa Gezer; at nagtapos ito sa dagat. 4 Sa ganitong paraan
natanggap ng mga lipi ni Jose, Manases at Efraim ang
kanilang pamana. 5 Ang lupain ng lipi ni Efraim na itinalaga
sa kanilang mga angkan ay ang sumusunod: ang hangganan
ng kanilang minana sa silangan mula Atarot Addar hanggang
sa kalayuan ng Mataas ng Beth Horon, 6 at mula roon
nagpatuloy ito patungong dagat. Mula sa Micmetat sa hilaga
lumiko ito pasilangan tungo sa Taanat Silo at lampas na
dumaan ito sa silangan tungo sa Janoa. 7 Pagkatapos
bumaba ito mula sa Janoa patungong Atarot at patungong
Naara, at pagkatapos nakarating sa Jerico at nagtapos sa
Jordan. 8 Mula sa hangganan ng Tappua nagpunta nang
pakanluran patungo sa bukal ng Kana at nagtapos sa dagat.
Ito ang minana ng lipi ni Efraim, na itinalaga sa kanilang
mga angkan, 9 kasama ang mga lungsod na pinili para sa
lipi ni Efraim sa loob ng minana ng lipi ni Manases—lahat ng
mga lungsod, gayundin ang kanilang mga nayon. 10 Hindi
nila pinaalis ang mga Cananaeo na naninirahan sa Gezer,

kaya ang mga Cananaeo ay nanirahan sa Efraim hanggang
ngayon, pero ang mga taong ito ay sapilitang pinagtrabaho.

**17** Ito ang lupaing itinalaga para sa lipi ng Manases
(panganay na anak na lalaki ni Jose) —iyon ay, para
kay Makir, na panganay ni Manases na siya mismong ama
ng Galaad. Itinalaga ang lupain ng Galaad at Basan sa mga
kaapu-apuhan ni Makir, dahil naging mandirigma si Makir. 2
Ang lupain itinalaga sa natirang lipi ni Manases, ibinigay
sa kanilang mga angkan—Abiezer, Helek, Asriel, Secem,
Heper, at Semida. Ito ang mga lalaking kaapu-apuhan ni
Manases anak na lalaki ni Jose, iniharap sa kanilang mga
angkan. 3 Ngayon si Zelopehad na anak na lalaki ni Heper
na anak na lalaki ni Galaad anak na lalaki ni Makir anak na
lalaki ni Manases ay walang mga anak na lalaki, pero mga
anak na babae lamang. Ito ang mga pangalan ng kaniyang
mga anak na babae: Mala, Noe, Hogla, Milka, and Tirza. 4
Nilapitan nila si Eleazar na pari, Josue anak na lalaki ni Nun
at ang mga pinuno, at kanilang sinabi, “Iniutos ni Yahweh
kay Moises na ibigay sa amin ang isang pamana kasama
ng aming mga kapatid na lalaki.” Kaya, sa pagsunod sa
kautusan ni Yahweh, binigyan niya ang mga kababaihang
iyon ng isang pamana kasama ng mga kapatid na lalaki
ng kanilang ama. 5 Itinalaga ang sampung piraso ng lupa
kay Manases sa Galaad at Basan, na nasa kabilang dako
ng Jordan, 6 dahil nakatanggap ng pamana ang mga anak
na babae ni Manases kasama ng kaniyang mga anak na
lalaki. Itinalaga ang lupain ng Galaad sa natitirang lipi ni
Manases. 7 Umabot mula Aser hanggang Micmetat ang
lupain ni Manases, na nasa silangan ng Secem. Pagkatapos
umabot ang hangganan patimog sa mga naninirahan na
malapit sa bukal ng Tappua. 8 (Ang lupain ng Tappua ay pag-
aari ng Manases, pero ang bayan ng Tappua sa hangganan
ng Manases ay pag-aari ng lipi ni Efraim.) 9 Nagtuloy ang
hangganan sa batis ng Kana. Ang mga katimugang lungsod
ng batis na ito kasama ng mga bayan ni Manases ay pag-
aari ni Efraim. Ang hangganan ng Manases na nasa tagiliran
ng hilagang batis, at nagtapos ito sa dagat. 10 Ang lupain
sa timog ay pag-aari ni Efraim, at ang lupain sa hilaga ay
kay Manases; ang dagat ay ang hangganan. Sa hilagang
dako mararating ang Aser, at sa silangan, ang Isacar. 11
Gayundin sa Isacar at sa Aser, Inangkin ni Manases ang
Beth San at nayon nito, Ibleam at nayo nito, ang mga
maninirahan sa Dor at nayon nito, ang mga naninirahan sa
Endor at nayon nito, ang mga naninirahan sa Taanac at
nayon nito, ang mga naninirahan sa Megiddo at nayon nito
(at ang ikatlong lungsod ay Napet). 12 Gayon pa man hindi
maangkin ng lipi ni Manases ang mga lungsod na iyon, dahil
patuloy na naninirahan sa lupaing ito ang mga Cananaeo.
13 Nang lumakas ang bayan ng Israel, pinagtrabaho nila
nang sapilitan ang mga Cananaeo, pero hindi sila ganap
na napaalis. 14 Pagkatapos sinabi ng mga kaapu-apuhan
ni Jose kay Josue, sinabing, “Bakit isang lupain lamang
ang iyong itinalaga sa amin at isang bahagi bilang pamana,
yamang kami ay isang bayang marami ang bilang at sa lahat
ng pagkakataon kami ay pinagpala ni Yahweh?” 15 Sinabi ni
Josue sa kanila, “Kung kayo ay isang bayan na marami ang
bilang, umakyat kayo mismo sa kagubatan at doon linisin
ang lupa para sa inyong mga sarili sa lupain ng mga Perezeo
at ng Rephaim. Gawin ito, yamang napakaliit ng maburol na
lupain ng Efraim para sa inyo.” 16 Sinabi ng mga kaapu-
apuhan ni Jose, “Hindi sapat para sa amin ang maburol
na lupain. Pero may mga karwaheng bakal ang lahat ng
Cananaeo na naninirahan sa lambak, kapwa ang nasa Beth
San at mga nayon nito at ang mga nasa lambak ng Jezreel.”
17 Pagkatapos sinabi ni Josue sa sambahayan ni Jose—para
kay Efraim at Manases, “Kayo ay isang bayan na marami
ang bilang, at may malakas kayong kapangyarihan. Hindi
dapat isang pirasong lupain lamang ang italaga sa inyo.
18 Magiging inyo rin ang maburol na lupaing ito. Kahit na
kagubatan ito, lilinisin ninyo ito at aangkinin ito hanggang
sa pinakamalayong hangganan nito. Palalayasin ninyo ang
mga Cananaeo, kahit sila ay may mga karwaheng bakal at
kahit na malakas sila.”

**18** Pagkatapos sama-samang nagtipon ang buong
kapulungan ng bayan ng Israel sa Silo. Itinayo nila ang
tolda ng pagpupulong doon at sinakop nila ang lupain sa
kanilang harapan. 2 Mayroon pang pitong lipi sa kalagitnaan
ng bayan ng Israel na ang pamana ay hindi pa naitatalaga. 3
Sinabi ni Josue sa bayan ng Israel, “Hanggang kailan ninyo
ipagpapaliban ang pagpunta sa lupain na ibinigay sa inyo ni
Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninuno? 4 Maghirang
kayo para sa inyong sarili ng ng tatlong lalaki mula sa bawat
lipi, at ipapadala ko sila. Pupunta sila at susuriin ang itaas at
ibaba ng lupain. Susulat sila ng isang paglalarawan nito
kasama ng isang tanawin sa kanilang mga mamanahin,
at pagkatapos babalik sila sa akin. 5 Hahatiin nila ito sa
pitong bahagi. Mananatili ang Juda sa kanilang lupain sa
dakong timog, at ang sambahayan ni Jose ay magpapatuloy
sa kanilang lupain sa dakong hilaga. 6 Ilalarawan ninyo
ang lupain sa pitong bahagi at dadalhin ang paglalarawan
dito sa akin. Magpapalabunutan ako para sa inyo dito sa
harapan ni Yahweh na aming Diyos. 7 Walang kabahagi
ang mga Levita sa inyo, dahil ang pagkapari mula kay
Yahweh ang kanilang minana. Tinanggap na ng Gad, Ruben
at ang kalahating lipi ni Manases ang kanilang minana,
lampas ng Jordan. Ito ang pamana na ibinigay sa kanila ni
Moises na lingkod ni Yahweh.” 8 Kaya tumayo ang mga
lalaki at umalis. Inutusan ni Josue ang mga pumunta para

isulat ang paglarawan ng lupain, sinabing, “Umakyat at
bumaba sa lupain at sumulat ng isang paglalarawan nito at
bumalik sa akin. Magpapalabunutan ako para inyo dito sa
harapan ni Yahweh sa Silo.” **9** Umalis ang mga lalaki at
umakyat at bumabang lumakad sa lupain at isinulat ang
isang paglalarawan nito sa isang balumbon ng kasulatan sa
pamamagitan ng pitong bahagi ng lungsod, nagtatala ng
mga lungsod sa bawat bahagi sa bawat bahagi. Pagkatapos
bumalik sila kay Josue sa kampo sa Silo. **10** Pagkatapos
nagpalabunutan si Josue para sa kanila sa harapan ni
Yahweh sa Silo. At doon itinalaga ni Josue ang lupain
sa bayan ng Israel—ibinigay sa bawat isa ang kaniyang
kabahagi ng lupa. **11** Ang pagtatalaga ng lupa para sa
lipi ni Benjamin ay ibinigay sa bawat mga angkan nila.
Matatagpuan sa pagitan ng mga kaapu-apuhan ni Juda at sa
mga kaapu-apuhan ni Jose ang nasasakupan ng kanilang
nakatalagang lupa. **12** Sa dakong hilaga, nagsimula ang
kanilang hangganan sa Jordan. Umabot ang hangganan
sa hilagang gulod ng Jerico, at pagkatapos hanggang sa
pakanlurang maburol na lupain. Umabot ito doon sa ilang ng
Beth Aven. **13** Mula roon dumaan ang hangganan sa timog
sa dako ng Luz (parehong lugar tulad ng Betel). Pagkatapos
bumaba ang hangganan sa Atarot Adar, sa tabi ng bundok
na naroon sa timog ng Bet Horon. **14** Pagkatapos nagpatuloy
ang hangganan sa ibang direksyon: sa dakong kanluran,
lumiko ito patungong timog, patungo sa bundok sa ibayo
mula sa Bet Horon. Nagtapos ang hangganang ito sa Kiriat
Baal (iyon ay, Kiriat Jearim), isang lungsod na pag-aari sa
lipi ni Juda. Bumuo ito ng hangganan sa dakong kanluran.
**15** Nagsimula sa labas ng Kiriat Jearim ang timog na dako.
Nagmula roon ang hangganan patungong Epron, hanggang
sa bukal na mga tubig ng Neptoa. **16** Pagkatapos bumaba
ang hangganan sa bundok na kasalungat ng lambak ng Ben
Hinnom, na nasa hilagang dulo ng lambak ng Rephaim.
Bumaba ito sa lambak ng Hinnom, timog ng libis ng mga
Jebuseo, at nagpatuloy pababa sa En Rogel. **17** Lumiko
ito pahilaga, papunta sa direksyon ng En Semes, at mula
roon lumabas ito sa Gelilot, na kasalungat sa paakyat ng
Adummim. Pagkatapos bumaba ito sa Bato ni Bohan (anak
na lalaki ni Ruben si Bohan). **18** Dumaan ito sa hilaga sa
gilid ng daan ng Bet Araba at pababa sa Araba. **19** Dumaan
ang hangganan sa hilaga sa gilid ng daan ng Bet Hogla.
Nagtapos ang hangganan sa hilagang look ng Dagat ng Asin,
sa timugang dulo ng Jordan. Ito ang hangganan sa timog. **20**
Nabuo nito ang hangganan ng Jordan sa silangang bahagi.
Ito ang pamana sa lipi ni Benjamin, at ibinigay ito sa bawa't
isa sa kanilang mga angkan, hangganan pagkatapos ng
hangganan, sa buong palibot. **21** Ngayon ang mga lungsod
ng lipi ni Benjamin ayon sa kanilang mga angkan ay Jerico,
Bet Hogla, Emek Keziz, **22** Bet Araba, Zemaraim, Betel, **23**
Avvim, Para, Opra, **24** Kepar Ammoni, Opni, at Geba. May
labindalawang lungsod, hindi kabilang ang kanilang mga
nayon. **25** Naroon din ang mga lungsod ng Gibeon, Rama,
Beerot, **26** Mizpe, Kepira, Moza, **27** Rekem, Irpeel, Tarala,
**28** Zela, Haelep, Jebus (pareho sa Jerusalem), Gibea, at
Kiriat. Mayroong labing-apat na mga lungsod, hindi kabilang
ang kanilang mga nayon. Ito ang pamana ni Benjamin para
sa kanilang mga angkan.

**19** Tumapat ang ikalawang palabunutan kay Simeon at
itinalaga ito sa bawat mga angkan nila. Ang minana
nila ay nasa gitna ng pamana na pag-aari ng lipi ni Juda. **2**
Napunta sa kanila bilang pamana ang Beer-seba, Seba,
Molada, **3** Hazar, Sual, Bala, Ezem, **4** Eltolad, Betul, at
Horma. **5** May Ziklag din si Simeon, Bet Marcabot, Hazar
Susa, **6** Bet Labaot, at Saruhen. Labing tatlong lungsod
ang mga ito, hindi kabilang ang kanilang mga nayon. **7** Si
Simeon ay mayroon ding Ain, Rimmon, Eter, at Asan. Apat
na lungsod ang mga ito, hindi kabilang ang kanilang mga
nayon. **8** Kasama ang mga ito sa mga nayong nakapalibot
sa mga lungsod na ito hanggang sa Baalat Beer (pareho
gaya ng Rama sa Negev). Ito ang pamana ng lipi ni Simeon,
na ibinigay sa kanilang mga angkan. **9** Ang pamana ng
lipi ni Simeon ay bumuo ng bahagi sa lupain ng lipi ni
Juda. Dahil napakalawak para sa kanila ang bahagi ng
lupaing itinalaga sa lipi ni Juda, tinanggap ng lipi ni Simeon
ang kanilang pamana mula sa gitna ng kanilang bahagi.
**10** Tumapat ang ikatlong palabunutan sa lipi ni Zebulon,
at ibinigay ito sa kanilang mga angkan. Nagsimula ang
hangganan ng kanilang minana sa Sarid. **11** Umakyat
pakanluran ang kanilang hangganan patungong Marala
at dumikit sa Dabbeset; pagkatapos umabot ito sa batis
na katapat ng Jokneam. **12** Mula sa Sarid lumiko ang
hangganan pasilangan patungo sa silangan at tumungo
sa hangganan ng Kislot Tabor. Mula roon tumungo ito sa
Daberat at pagkatapos pataas hanggang sa Japia. **13** Mula
roon dumaan pasilangan sa Gat Heper, at pagkatapos sa
Etkazin; sunod nagpunta ito sa Rimmon at lumiko patungo
sa Nea. **14** Lumiko ang hangganan sa hilaga patungong
Hannathn at nagtapos sa lambak ng Ipta El. **15** Kasama sa
rehiyong ito ang mga lungsod ng Kattat, Naalal, Simron,
Idala, at Betlehem. Mayroong labindalawang lungsod, hindi
kabilang ang kanilang mga nayon. **16** Ito ang minana ng
lipi ni Zebulon, na ibinigay sa kanilang mga angkan—ang
mga lungsod, kasama ang kanilang mga nayon. **17** Tumapat
ang ikaapat na palabunutan kay Isacar, at ibinigay ito sa
kanilang mga angkan. **18** Kasama sa kanilang lupain ang
Jezreel, Kesulot, Sunem, **19** Hafaraim, Sion, at Anaharat.
**20** Kasama rin dito ang Rabbit, Kision, Ebez, **21** Remet,

En-gannim, En-hadda, at Beth-passes. 22 Dumikit din ang
kanilang hangganan sa Tabor, Sahasim, at Beth-semes,
at nagtapos sa Jordan. Mayroong labing-anim na lungsod,
hindi kabilang ang kanilang mga nayon. 23 Ito ang minana
ng lipi ni Isacar, at ibinigay ito sa kanilang mga angkan—ang
mga lungsod, kasama ang kanilang mga nayon. 24 Tumapat
ang ikalimang palabunutan sa lipi ni Aser, at ibinigay ito
sa kanilang mga angkan. 25 Kasama sa kanilang lupain
ang Helka, Hali, Beten, Acsap, 26 Alamelek, Amad, at
Misal. Sa kanluran umabot ang hangganan sa Carmel at
Sihor Libnat. 27 Pagkatapos lumiko ito pasilangan sa Bet
Dagon at umabot hanggang kasing layo ng Zebulon, at
pagkatapos sa lambak ng Iphta-el, pahilaga sa Beth-emec
at Nehiel. Pagkatapos nagpatuloy ito sa Kabul patungong
hilaga. 28 Pagkatapos nagpatuloy ito sa Ebron, Rehob,
Hammon, at Kana, hanggang kasing layo ng Pinakamalaking
Sidon. 29 Bumalik ang hangganan sa Rama, at pagkatapos
sa pinatibay na lungsod ng Tiro. Pagkatapos lumiko ang
hangganan sa Hosa at nagtapos sa dagat, sa rehiyon ng
Aczib, 30 Umma, Apek, at Rehob. Mayroong dalawampu't
dalawang lungsod, hindi kabilang ang kanilang mga nayon.
31 Ito ang minana ng lipi ni Aser, at ibinigay ito sa kanilang
mga angkan—ang mga lungsod, kasama ang kanilang mga
nayon. 32 Tumapat ang ikaanim na palabunutan sa lipi ni
Neftali, at ibinigay ito sa kanilang mga angkan. 33 Ang
kanilang hangganan ay matatagpuan mula sa Helep, mula
sa ensena sa Saananim, hanggang patungo sa Adamineceb
at Jabneel, hanggang kasing layo ng Lakkum; nagtapos
ito sa Jordan. 34 Lumiko ang hangganan pakanluran sa
Aznot-tabor at hanggang patungo sa Hukkok; at dumikit
ito sa Zebulon sa timog, at nakarating sa Aser sa kanluran
at Juda sa silangan sa Ilog Jordan. 35 Ang mga pinatibay
na lungsod ay Zidim, Zer, Hammat, Rakkat, Cinneret, 36
Adama, Rama, Hazor, 37 Kedes, Edrei, at En Hazor. 38
Naroon din ang Yiron, Migdalel, Horem, Beth-anat, at Beth-
semes. Mayroong labinsiyam na lungsod, hindi kabilang ang
kanilang mga nayon. 39 Ito ang minana ng lipi ni Neftali, at
ibinigay ito sa kanilang mga angkan—ang mga lungsod,
kabilang ang kanilang mga nayon. 40 Tumapat ang ikapitong
palabunutan sa lipi ni Dan, at ibinigay ito sa kanilang mga
angkan. 41 Kabilang sa minana nito ang Zora, Estaol, Ir
Semes, 42 Saalabin, Ajalon, at Itla. 43 Kabilang rin dito
ang Elon, Timna, Ekron, 44 Elteke, Gibbethon, Baalat, 45
Jehud, Bene Berak, Gat Rimmon, 46 Me-Jarkon, at Rakkon
kasama ang lupain sa ibayo mula sa Joppa. 47 Nang mawala
sa kanila ang lupain ng lipi ni Dan, nilusob ng Dan ang
Lesem, nilabanan ito, at binihag ito. Pinatay nila ang bawat
isa gamit ang espada, inangkin ito, at nanirahan dito. Muli
nilang pinangalanan ang Lesem, tinawag itong Dan kasunod
sa kanilang ninuno. 48 Ito ang minana ng lipi ni Dan, at
ibinigay ito sa kanilang mga angkan—ang mga lungsod,
kasama ang kanilang mga nayon. 49 Nang matapos nila ang
paglalaan ng lupain bilang pamana, ibinigay ng bayan ng
Israel ang isang pamana kasama ang kanilang sarili para
kay Josue na anak ni Nun. 50 Sa utos ni Yahweh ibinigay
nila sa kanya ang lungsod na hiningi niya, ang Timnat Sera
sa maburol na bansa ng Efraim. Muli niyang itinayo ang
lungsod at nanirahan doon. 51 Ito ang mga pamana na
itinalaga ni Eleazar na pari, ni Josue na anak ni Nun, at ng
mga panliping pinuno ng mga pamilya ng mga ninuno ng
Israel sa pamamagitan ng palabunutan sa Silo, sa harapan
ni Yahweh, sa pasukan ng tolda ng pagpupulong. Kaya
natapos nila ang pagtatalaga ng lupain.

**20** Pagkatapos sinabi ni Yahweh kay Josue, 2 “Sabihin
mo sa bayan ng Israel, na sinasabing, 'Pumili ng mga
lungsod ng kanlungan na sinabi ko sa inyo sa pamamagitan
ng kamay ni Moises. 3 Gawin ito para makapunta doon ang
isang tao na nakapatay nang hindi sinasadya. Ang mga
lungsod na ito ay magiging isang lugar ng kanlungan mula
sa sinumang naghahangad para sa paghihiganti sa dugo ng
isang tao na pinatay. 4 Siya ay tatakbo isa sa mga lungsod
na iyon at tatayo sa pasukan ng lungsod ng tarangkahan, at
ipinaliwanag ang kaniyang kaso sa mga nakatatanda ng
lungsod na iyon. Pagkatapos siya ay dadalhin nila sa loob
ng lungsod at bibigyan siya ng isang lugar na matitirahan
kasama nila. 5 At kapag dumating ang isang maghihiganti
ng dugo, pagkatapos ang bayan ng lungsod ay hindi dapat
isuko para sa kapangyarihan na siyang pumatay sa kaniya.
Hindi dapat nilang gawin ito, dahil pinatay niya ang kaniyang
kapitbahay nang hindi inaasahan at hindi nasuklam sa
kaniya sa simula pa. 6 Dapat siyang manatili sa lungsod
hanggang tumayo siya sa harap ng kapulungan para sa
paghatol, hanggang sa kamatayan ng naglilingkod bilang
punong pari sa mga araw na iyon. Pagkatapos ang isang
sadyang nakapatay sa tao ay maaaring bumalik sa kaniyang
sariling bayan at kaniyang sariling tahanan, sa bayan na
kaniyang tinakasan. 7 Kaya pinili ng mga Israelita ang
Kades sa Galilea sa maburol na lugar ng Neftali, Secem sa
maburol na lugar ng Efraim at ang Kiriat Arba (pareho gaya
ng Hebron) sa bansang burol ni Juda. 8 Lampas ng Jordan
sa silangan ng Jerico, pinili nila ang Bezer sa ilang na nasa
talampas mula sa lipi ni Ruben; Ramot Galaad, mula sa lipi
ni Gad; at Golan sa Bashan, mula sa lipi ni Manases. 9 Ito
ang mga piniling lungsod para sa buong bayan ng Israel at
para sa mga dayuhan na naninirahan kasama nila, para
sinuman na makapatay ng isang tao nang hindi sinasadya ay
maaaring makatakbo sa kanila para sa kanilang kaligtasan.
Hindi maaaring mamamatay ang taong ito sa pamamagitan

ng kamay ng maghihiganti ng dugo, hanggang humarap
muna sa kapulungan ang napagbintangan.

**21** Pagkatapos pumunta ang mga pinuno ng mga angkan
ng mga Levita kina Eleazar na pari, Josue na anak ni
Nun, at sa mga pinuno ng mga pamilya ng kanilang mga
ninuno sa loob ng bayan ng Israel. 2 Sinabi nila sa kanila
sa Silo sa lupain ng Canaan, “Inutusan kayo ni Yahweh
sa pamamagitan ng kamay ni Moises na bigyan kami ng
mga lungsod para manirahan, kasama ang mga lupang
pastulan para sa aming mga alagang hayop.” 3 Kaya sa
pamamagitan ng utos ni Yahweh, ibinigay ng bayan ng
Israel sa mga Levita mula sa kanilang minana ang mga
sumusunod na lungsod, kabilang ang kanilang mga lupang
pastulan, para sa mga Levita. 4 Ibinigay ang resulta ng
palabunutang ito para sa mga angkan ng mga Kohatita: ang
mga pari— ang mga kaapu-apuhan ni Aaron na mula sa mga
Levita— tumanggap ng labing tatlong lungsod na ibinigay
mula sa lipi ni Juda, mula sa lipi ni Simeon, at mula sa lipi ni
Benjamin. 5 Ang mga natirang angkan ng mga Kohatita
ay tumanggap ng sampung lungsod sa pamamagitan ng
mga palabunutan ng sampung lungsod mula sa mga angkan
ng mga lipi ni Efraim, Dan, at mula sa kalahating lipi ni
Manases. 6 At binigyan ang mga taong mula sa Gerson sa
pamamagitan ng palabunutan ng labintatlong lungsod mula
sa mga angkan ng mga lipi nina Isacar, Aser, Neftali, at sa
kalahating lipi ni Manases sa Bashan. 7 Ang bayan na mga
kaapu-apuhan ni Merari ay tumanggap ng labindalawang
lungsod mula sa mga lipi nina Ruben, Gad, at Zebulon.
8 Kaya ibinigay ng bayan ng Israel ang mga lungsod na
ito, kasama ang kanilang mga lupang pastulan, sa mga
Levita sa pamamagitan ng mga palabunutan, gaya ng inutos
ni Yahweh sa pamamagitan ng kamay ni Moises. 9 Mula
sa mga lipi ng Juda at Simeon, nagtalaga sila ng lupain
sa mga sumusunod na mga lungsod, nakalista rito ang
bawat pangalan. 10 Ibinigay ang mga lungsod na ito sa mga
kaapu-apuhan ni Aaron, na kabilang sa mga angkan ng mga
Kohatita, na nagmula naman sa lipi ni Levi. Dahil natapat
sa kanila ang unang mga palabunutan. 11 Ibinigay ng mga
Israelita sa kanila ang Kiriat Arba (si Arba ang naging ama ni
Anak), ang parehong lugar gaya ng Hebron, sa maburol na
lupain ng Juda, kasama ang mga lupang pastulan sa paligid
nito. 12 Pero ibinigay na kay Caleb na anak ni Jepunne
ang mga bukid ng lungsod at ang mga nayon nito, bilang
pag-aari niya. 13 Ibinigay nila ang Hebron sa mga kaapu-
apuhan ni Aaron na pari kasama ang mga lupang pastulan
nito—na isang kanlungang lungsod para sa sinuman na
nakapatay sa iba ng hindi sinasadya—at Libna kasama
ang mga lupang pastulan nito, 14 Jattir kasama ang mga
lupang pastulan nito, at Estemoa kasama ang mga lupang
pastulan nito. 15 Ibinigay din nila ang Holon kasama ang
mga lupang pastulan nito, Debir kasama ang mga lupang
pastulan nito, 16 Ain kasama ang mga lupang pastulan nito,
Jutta kasama ang mga lupang pastulan nito, at Bet-Semes
kasama ang mga lupang pastulan nito. Mayroong siyam na
lungsod na ibinigay mula sa dalawang liping ito. 17 Mula
sa lipi ni Benjamin ibinigay ang Gabaon kasama ang mga
lupang pastulan nito, ang Geba kasama ang mga lupang
pastulan nito, 18 Anatot kasama ang mga lupang pastulan
nito, at Almon kasama ang mga karatig-pook nito—apat
na lungsod. 19 Ang mga lungsod na ibinigay sa mga pari,
ang mga kaapu-apuhan ni Aaron, ay labintatlong lungsod
lahat, kasama ang kanilang mga lupang pastulan. 20 Para
sa natirang pamilya ng Kohat—ang mga Levitang kabilang
sa pamilya ng Kohat—mayroon silang mga lungsod na
ibinigay sa kanila mula sa lipi ni Efraim sa pamamagitan
ng mga palabunutan. 21 Sa kanila ibinigay ang Secem
kasama ang mga lupang pastulan nito sa maburol na lupain
ng Efraim—isang kanlungang lungsod para sa sinumang
nakapatay ng isang tao nang hindi sinasadya—Gezer
kasama ang mga lupang pastulan nito, 22 Kibzaim kasama
ang mga lupang pastulan nito, at Bet Horon kasama ang mga
lupang pastulan nito—apat na lungsod lahat. 23 Mula sa lipi
ni Dan, ibinigay sa angkan ng Kohat ang Elteke kasama ang
mga lupang pastulan nito, Gibbeton kasama ang mga lupang
pastulan nito, 24 Ajalon kasama ang mga lupang pastulan
nito, Gatrimon kasama ang mga lupang pastulan nito—apat
na lungsod lahat. 25 Mula sa kalahating lipi ni Manases,
ibinigay ang Taanac sa angkan ng Kohat kasama ang mga
lupang pastulan nito at Gatrimon kasama ang mga lupang
pastulan nito—dalawang lungsod. 26 May sampung lungsod
lahat para sa mga natirang mga angkan ng Kohatita, kasama
ang kanilang mga lupang pastulan. 27 Mula sa kalahating
lipi ni Manases, hanggang sa angkan ng Gerson, ito ang
ibang mga angkan ng Levita, at ibinigay nila ang Golan
sa Basan kasama ang mga lupang pastulan nito—isang
kanlungang lungsod para sa sinumang nakapatay ng isa pa
nang hindi sinasadya, kasama ang Beestera at ang mga
lupang pastulan nito—dalawang lungsod lahat. 28 Sa mga
angkan ng Gerson ibinigay din nila ang Kision mula sa lipi
ni Isacar, kasama ang mga lupang pastulan nito, Daberet
kasama ang mga lupang pastulan nito, 29 Jarmut kasama
ang mga lupang pastulan nito, at ang Engannim kasama
ang mga lupang pastulan nito—apat na lungsod. 30 Mula sa
lipi ni Aser, ibinigay nila ang Misal kasama ang mga lupang
pastulan nito, Abdon kasama ang mga lupang pastulan nito,
31 Helkat kasama ang mga lupang pastulan nito, at Rehob
kasama ang mga lupang pastulan nito—apat na lungsod
lahat. 32 Mula sa lipi ni Neftali, ibinigay nila sa mga angkan

ng Gerson ang Kedes sa Galilea kasama ang mga lupang
pastulan nito—isang kanlungang lungsod para sa sinumang
nakapatay ng isa pa nang hindi sinasadya; Hammotdor
kasama ang mga lupang pastulan nito, at Kartan kasama
ang mga lupang pastulan nito—tatlong lungsod lahat. **33**
Mayroong labintatlong lungsod lahat, mula sa mga angkan
ng Gerson, kasama ang kanilang mga lupang pastulan. **34**
Sa natirang mga Levita— ang mga angkan ni Merari—ay
ibinigay mula sa lipi ni Zebulon: Jokneam kasama ang mga
lupang pastulan nito, Karta kasama ang mga lupang pastulan
nito, **35** Dimna kasama ang mga lupang pastulan nito, at
Nahalal kasama ang mga lupang pastulan nito—apat na
lungsod lahat. **36** Ibinigay sa mga angkan ni Merari mula sa
lipi ni Ruben: Bezer kasama ang mga lupang pastulan nito,
Jahaz kasama ang mga lupang pastulan nito, **37** Kedemot
kasama ang mga lupang pastulan nito, at Mepaat kasama
ang mga lupang pastulan nito—apat na lungsod. **38** Mula
sa lipi ni Gad ibinigay sa kanila ang Ramot sa Galaad
kasama ang mga lupang pastulan nito—isang kanlungang
lungsod para sa sinumang nakapatay ng isa pa nang hindi
sinasadya—at Mahanaim kasama ang mga lupang pastulan
nito. **39** Ibinigay din sa mga angkan ni Merari ang Hesbon
kasama ang mga lupang pastulan nito, at Jazer kasama
ang mga lupang pastulan nito. Apat na lungsod itong lahat.
**40** Lahat ng mga ito ang mga lungsod na may maraming
angkan ni Merari, na mula sa lipi ni Levi—labindalawang
lungsod lahat ang ibinigay sa kanila sa pamamagitan ng
mga palabunutan. **41** Ang mga lungsod ng mga Levita na
kinuha sa gitna ng lupaing inangkin ng bayan ng Israel
ay apatnapu't walong lungsod, kasama ang kanilang mga
lupang pastulan. **42** Mayroong nakapaligid na mga lupang
pastulan ang bawat siyudad na ito. Ganito sa lahat ng mga
lungsod na ito. **43** Kaya ibinigay ni Yahweh sa Israel ang
lahat ng lupaing ipinangako niyang ibibigay sa kanilang mga
ninuno. Inangkin ito ng mga Israelita at nanirahan doon. **44**
Pagkatapos binigyan sila ni Yahweh ng pahinga sa bawat
dako, gaya ng kanyang ipinangako sa kanilang mga ninuno.
Walang isa sa kanilang kaaway ang maaaring tumalo sa
kanila. Ibinigay ni Yahweh ang lahat ng kanilang kaaway sa
kanilang mga kamay. **45** Walang isang bagay sa lahat ng
mga mabuting pangako na sinabi ni Yahweh sa bahay ng
Israel ang hindi nagkatotoo. Natupad ang lahat ng ito.

**22** Sa panahong iyon tinawag ni Josue ang mga Reubenita,
ang mga Gadita, at ang kalahating lipi ni Manases. **2**
Sinabi niya sa kanila, “Nagawa ninyo ang lahat ng bagay na
iniutos sa inyo ni Moises, ang lingkod ni Yahweh; Sinunod
ninyo ang aking tinig sa lahat ng iniutos ko sa inyo. **3**
Hindi ninyo iniwan ang inyong mga kapatid na lalaki sa
maraming araw na ito o hanggang sa araw na ito. Sa halip,
naging maingat kayo na sumunod sa mga itinagubilin ng
mga kautusan ni Yahweh na inyong Diyos. **4** Ngayon si
Yahweh na inyong Diyos ang nagbigay ng kapahingahan sa
inyong mga kapatid na lalaki, gaya ng ipinangako niya sa
kanila. Kaya bumalik kayo at pumunta sa inyong mga tolda
sa lupaing pag-aari ninyo, na ibinigay sa inyo ni Moises na
lingkod ni Yahweh sa kabilang bahagi ng Jordan. **5** Lubos
na maging maingat lamang na sundin ang mga kautusan at
batas na iniutos sa inyo ni Moises na lingkod ni Yahweh, na
mahalin si Yahweh na inyong Diyos, na lumakad sa lahat
ng kaniyang mga pamamaraan, na panatilihin ang mga
kautusan, at kumapit sa kaniya at sambahin siya ng buong
puso ninyo at ng buo kaluluwa ninyo.” **6** Kaya pinagpala sila
ni Josue at pinaalis sila, at bumalik sila sa kanilang mga
tolda. **7** Ngayon sa kalahati ng lipi ni Manases, binigyan
sila ni Moises ng isang pamana sa Bashan, pero sa isa
pang kalahati, binigyan ni Josue ng isang pamana katabi
ng kanilang mga kapatid na lalaki sa lupain sa kanluran
ng Jordan. Pinabalik sila ni Josue sa kanilang mga tolda;
pinagpala niya sila **8** at sinabi sa kanila, “Bumalik sa inyong
mga tolda na may maraming salapi, at may napakaraming
alagang hayop, at ng pilak at ginto, at ng tanso at bakal,
at ng napakaraming mga kasuotan. Hatiin ninyo ang mga
ninakaw mula sa inyong mga kaaway kasama ng inyong
mga kapatid na lalaki.” **9** Kaya ang mga kaapu-apuhan ni
Ruben, ang mga kaapu-apuhan ni Gad, at ang kalahati ng
lipi ni Manases ay bumalik sa tahanan, na iniwan ang bayan
ng Israel sa Silo, na nasa lupain ng Canaan. Umalis sila
para magtungo sa rehiyon ng Galaad, sa sarili nilang lupain,
na sila mismo ang nagmamay-ari, alinsunod sa kautusan ni
Yahweh, sa pamamagitan ng kamay ni Moises. **10** Nang
makarating sila sa Jordan na nasa lupain ng Canaan, ang
mga lahi ni Ruben at mga lahi ni Gad at ang kalahating lipi
ni Manases ay nagtayo ng isang altar katabi ng Jordan,
isang napakalaki at tanyag na altar. **11** Narinig ng bayan
ng Israel ang tungkol dito at sinabi, “Tingnan mo! Nagtayo
ng isang altar ang bayan ng Ruben, Gad at kalahating lipi
ni Manases sa harap ng lupain ng Canaan, sa Gelilot, sa
rehiyong malapit sa Jordan, sa tabi na pag-aari ng bayan
ng Israel.” **12** Nang marinig ito ng bayan ng Israel, ang
buong kapulungan ng bayan ng Israel ay sama-samang
nagtipon sa Silo para umakyat para makipagdigma laban sa
kanila. **13** Pagkatapos nagpadala ng mga mensahero ang
bayan ng Israel sa mga lahi ni Ruben, mga lahi ni Gad, at
kalahating lipi ni Manases, sa lupain ng Galaad. Ipinadala
rin nila si Finehas anak na lalaki ni Eleazar, ang pari, **14**
at kasama niya ang sampung pinuno, isa sa bawat mga
pamilyang minamana ng Israel, at bawat isa sa kanila ay
mga pinuno ng isang angkan sa loob ng bayan ng Israel. **15**

Dumating sila sa mga tao ng Ruben, Gad, at ng kalahating
lipi ni Manases, sa lupain ng Galaad, at nagsalita sila sa
kanila: **16** “Ang buong kapulungan ni Yahweh ay sinasabi
ito, “Ano itong kataksilang nagawa ninyo laban sa Diyos ng
Israel, sa pamamagitan ng pagsunod kay Yawheh simula sa
araw na ito sa pamamagitan ng pagtatayo para sa inyong
sarili ng isang altar sa araw na ito sa paghihimagsik laban
kay Yahweh? **17** Hindi pa ba sapat ang kasalanan natin sa
Peor? Gayunman hindi pa nga natin nalinisan ang ating mga
sarili mula rito. Dahil sa kasalanan na iyon dumating ang
isang salot sa kapulungan ni Yahweh. **18** Dapat din kayong
tumalikod mula sa pagsunod kay Yahweh sa kasalukuyang
ito? Kung maghihimagsik din kayo laban kay Yahweh
ngayon, bukas magagalit siya sa buong kapulungan ng
Israel. **19** Kung ang lupain na inyong pag-aari ay nadungisan,
pagkatapos dapat kayong dumaan sa lupain na kinatatayuan
ng tabernakulo ni Yahweh at kumuha kayo ng isang ari-arian
para sa inyong mga sarili sa kalagitnaan namin. Huwag
lamang maghimagsik laban kay Yahweh, ni maghimagsik
laban sa amin sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang altar
para sa inyong mga sarili maliban sa altar ni Yahweh na
aming Diyos. **20** Hindi ba si Acan anak na lalaki ni Zera, ang
sumira ng pananampalataya sa kahalagahan ng mga bagay
na iyon na nakalaan para sa Diyos? At hindi ba bumagsak
ang poot sa buong bayan ng Israel? Hindi lamang ang
lalaking iyon ang mag-isang napahamak dahil sa kaniyang
kasamaan.'” **21** Pagkatapos ang mga lipi ni Ruben, Gad, at
ang kalahating lipi ni Manases ay sumagot sa mga pinuno
ng mga angkan ng Israel: **22** “Ang Makapangyarihan, Diyos,
Yahweh! Ang Isang Makapangyarihan, Diyos, Yahweh!
—Alam niya, at hayaang malaman ng Israel! Kung ito ay sa
paghihimagsik o sa paglabag ng pananampalataya laban
kay Yahweh, huwag kaming iligtas sa araw na ito **23** sa
pagtatayo namin ng altar para ilayo ang aming mga sarili
mula sa pagsunod kay Yahweh. Kung itinayo namin ang
altar na iyon para maghandog doon ng mga handog na
susunugin, mga butil na handog, o mga pangkapayapaang
handog, sa gayon hayaang pagbayarin kami ni Yahweh
para rito. **24** Hindi! Ginawa namin iyon dahil sa takot na sa
pagdating ng panahon ang inyong mga anak ay maaaring
magsabi sa aming mga anak, “Ano ang kinalaman ninyo kay
Yahweh, ang Diyos ng Israel? **25** Dahil ginawa ni Yahweh
ang Jordan na isang hangganan sa pagitan namin at ninyo.
Kayong bayan ng Ruben at bayan ng Gad, wala kayong
anumang bagay na ginawa kay Yahweh.' Kaya ang inyong
mga anak ay maaaring gawing patigilin ang aming mga
anak para sambahin si Yahweh. **26** Kaya sinabi namin,
“Tayo ay magtayo ng isang altar, hindi para sa mga handog
na susunugin ni para sa anumang mga alay, **27** pero para
maging isang saksi sa pagitan namin at ninyo, at sa pagitan
ng aming mga salinlahi pagkatapos namin, na gagampanan
namin ang paglilingkod kay Yahweh sa harap niya, kasama
ng aming mga handog na susunugin at ng aming mga alay
at kasama ng aming mga handog pangkapayapaan, sa
gayon hindi kailanman magsasabi ang inyong mga anak sa
aming mga anak sa panahon na darating, “Wala kayong
bahagi kay Yahweh.” **28** Kaya sinabi namin, 'Kung dapat
itong sabihin sa amin o sa aming mga kaapu-apuhan sa
panahon na darating, sasabihin naming, “Pagmasdan ninyo!
Ito ang isang kopya ng altar ni Yahweh, na ginawa ng aming
mga ninuno, hindi para sa mga handog na sinunog, ni para
sa mga alay, pero bilang isang saksi sa pagitan namin at
ninyo.” **29** Huwag nawa mangyari sa amin ito na kami ay
maghimagsik laban kay Yahweh, at tumalikod ngayon mula
sa pagsunod sa kaniya sa pamamagitan ng pagtatayo ng
isang altar para sa handog na sinunog, para sa handog na
butil, o para sa alay, maliban sa isang altar ni Yahweh aming
Diyos na nasa harap ng kaniyang tabernakulo.'” **30** Nang si
Finehas na pari at ang mga pinuno ng mga tao, iyon ay,
ang mga ulo ng mga angkan ng Israel na kasama niya, ay
narinig ang mga salita na sinabi ng bayan ng Ruben, Gad, at
Manases, na mabuti ito sa kanilang mga paningin. **31** Sinabi
ni Finehas anak na lalaki ni Eleazar na pari sa bayan ng
Ruben, Gad at Manases, “Ngayon alam namin na si Yahweh
ay kasama namin, dahil hindi ninyo nagawa ang paglabag
sa pananampalatayang ito laban sa kaniya. Ngayon sinagip
ninyo ang bayan ng Israel mula sa kamay ni Yahweh.” **32**
Pagkatapos bumalik sina Finehas anak na lalaki ni Eleazar
na pari, at ang mga pinuno mula sa mga lahi ni Ruben at
mga lahi ni Gad, palabas ng lupain ng Galaad, pabalik sa
lupain ng Canaan, patungo sa bayan ng Israel, at nagbalik
ng mensahe sa kanila. **33** Ang kanilang ulat ay mabuti sa
paningin ng bayan ng Israel. Pinagpala ng bayan ng Israel
ang Diyos at hindi na nagsalita tungkol sa paggawa ng
digmaan laban sa mga lahi ni Ruben at mga lahi ni Gad,
para wasakin ang lupain kung saan sila nanirahan. **34** Ang
mga Reubenita at ang Gadita ay pinangalanan ang altar na
“Saksi” dahil sinabi nila na “Ito ay isang saksi sa pagitan
namin na si Yahweh ay Diyos.”

**23** At pagkatapos ng maraming araw, nang mabigyan ni
Yahweh ng kapahingahan ang Israel mula sa lahat ng
kanilang mga kaaway na nakapalibot sa kanila, napakatanda
na ni Josue. **2** Tinawag ni Josue ang buong Israel—ang
kanilang mga matatanda, ang kanilang mga pinuno, ang
kanilang mga hukom, at ang kanilang mga opisiyal—at
sinabi sa kanila, “Napakatanda ko na. **3** Nakita ninyo ang
lahat ng bagay na nagawa ni Yahweh na inyong Diyos sa
lahat ng mga bansang ito para sa inyong kapakanan, dahil

si Yahweh na inyong Diyos ang nakipaglaban para sa inyo.
4 Masdan ninyo! Itinalaga ko sa inyo ang mga bansa na
natira para sakupin bilang isang pamana para sa inyong
mga lipi, kasama ang lahat ng mga bansang winasak ko na,
mula sa Jordan patungo sa Malaking Dagat sa kanluran. 5
Paaalisin sila ni Yahweh na inyong Diyos. Itutulak siya niya
mula sa inyo. Sasakupin niya ang kanilang lupain, at aariin
ninyo ang kanilang lupain, gaya ng ipinangako sa inyo ni
Yahweh na inyong Diyos. 6 Kaya maging matatag kayo, kaya
mapapanatili ninyo at magagawa ang lahat ng nakasulat
sa Aklat ng Batas ni Moises, hindi kayo lilihis mula rito sa
kanan o sa kaliwa, 7 kaya hindi kayo maisasama sa mga
bansang ito na nananatiling kasama ninyo o babanggitin
ang mga pangalan ng kanilang mga diyos, sumumpa sa
kanila, sambahin sila, o yumukod sa kanila. 8 Sa halip,
dapat kayong kumapit kay Yahweh na inyong Diyos gaya ng
nagawa ninyo hanggang sa araw na ito. 9 Dahil pinaalis
ni Yahweh sa harap ninyo ang malaki, malakas na mga
bansa. Para sa inyo, walang isa man ang nakatayo sa
harapan ninyo hanggang sa kasalukuyan. 10 Sinumang nag-
iisang lalaki sa inyong bilang ay gagawang patakasin ang
isang libo, para kay Yahweh na inyong Diyos, ang tanging
lumalaban para sa inyo, gaya ng ipinangako niya sa inyo. 11
Bigyan ng kaukulang pansin, para mahalin ninyo si Yahweh
na inyong Diyos. 12 Pero kung tatalikod kayo at kakapit
sa mga nakaligtas sa mga bansang ito nanatiling kasama
ninyo, o kung kumuha ng asawa mula sa kanila, o kung
makikisama kayo sa kanila at sila sa inyo, 13 pagkatapos
tiyak na malalaman na hindi na palalayasin ni Yahweh na
inyong Diyos ang mga bansang ito mula sa inyo. Sa halip,
magiging isang patibong sila at isang bitag para sa inyo,
pamalo sa inyong likuran at mga tinik sa inyong mga mata,
hanggang sa mamatay kayo mula sa mabungang lupaing
ito na binigay ni Yahweh na inyong Diyos sa inyo. 14 At
ngayon lalakad ako sa daan sa buong lupa, at malalaman
ninyo ng buong puso at kaluluwa na walang isang salitang
hindi nagkatotoo sa lahat ng mga mabubuting bagay na
ipinangako ni Yahweh na inyong Diyos tungkol sa inyo.
Lahat ng mga bagay na ito ay nangyari para sa inyo.
Walang isa sa kanila ang nabigo. 15 Pero gaya ng bawat
salitang ipinangako ni Yahweh na inyong Diyos sa inyo ay
natupad, kaya magdadala si Yahweh sa inyo ng lahat ng
mga masasamang bagay hanggang sa mawasak niya kayo
mula sa mabuting lupain na ito na ibinigay ni Yahweh na
inyong Diyos sa inyo. 16 Gagawin niya ito kung sisirain ninyo
ang tipan ni Yahweh na inyong Diyos, na iniutos niya sa inyo
para sundin. Kung pupunta kayo at sasamba sa ibang mga
diyos at yumukod sa kanila, sa gayon mag-aalab ang galit ni
Yahweh laban sa inyo, at mabilis kayong mamamatay mula
sa mabuting lupain na ibinigay niya sa inyo."

**24** Pagkatapos tinipon ni Josue ang lahat ng mga lipi ng
Israel sa Secem at ipinatawag ang mga nakatatanda
ng Israel, ang kanilang mga pinuno, ang kanilang mga
hukom, at ang kanilang mga opisyal, at ipinakita ang kanilang
mga sarili sa harap ng Diyos. 2 Sinabi ni Josue sa buong
bayan, "Ito ang sinasabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel,
'Nanirahan ang inyong mga ninuno noong unang panahon
sa ibayo ng Ilog Eufrates—si Tera, ang ama ni Abraham at
ang ama ni Nahor—at sinamba nila ang ibang mga diyos. 3
Pero kinuha ko ang inyong ama mula sa ibayo ng Eufrates
at pinangunahan siya sa lupain ng Canaan, at binigyan
ko siya ng maraming kaapu-apuhan sa pamamagitan ng
kaniyang anak na si Isaac. 4 At kay Isaac ibinigay ko sina
Jacob at Esau. Ibinigay ko kay Esau ang maburol na lugar
ng Seir para ariin, pero bumaba si Jacob at kaniyang mga
anak sa Ehipto. 5 Pinadala ko sina Moises at Aaron, at
pinahirapan ko ang mga taga-Ehipto sa pamamagitan ng
mga salot. Pagkatapos noon, inilabas Ko kayo. 6 Inilabas ko
ang inyong mga ninuno sa Ehipto, at nakarating kayo sa
dagat. Tinugis sila ng mga taga-Ehipto sa pamamagitan ng
mga karwahe at mga mangangabayo hanggang sa kalayuan
ng Dagat ng mga Tambo. 7 Nang tumawag ang inyong
mga ninuno kay Yahweh, nagdulot siya ng kadiliman sa
pagitan ninyo at ng mga taga-Ehipto. Pinagsama niya ang
tubig ng dagat at sila ay natabunan. Nakita ninyo kung ano
ang ginawa ko sa Ehipto. Pagkatapos namuhay kayo sa
ilang ng mahabang panahon. 8 Dinala ko kayo sa lupain
ng mga Amoreo, na nanirahan sa ibang bahagi ng Jordan.
Nakipaglaban sila sa inyo, at ibinigay ko sila sa inyong
kamay. Inangkin ninyo ang kanilang lupain, at winasak ko
sila sa harap ninyo. 9 Pagkatapos tumayo si Balak na anak
na lalaki ni Zippor, hari ng Moab, at nilusob ang Israel.
Ipinadala at ipinatawag niya si Balaam na anak na lalaki ni
Beor, para sumpain kayo. 10 Pero hindi ako nakinig kay
Balaam. Sa katunayan, pinagpala niya kayo. Kaya iniligtas
ko kayo mula sa kaniyang kamay. 11 Tumawid kayo sa
Jordan at nakarating sa Jericho. Nakipaglaban ang mga
pinuno ng Jerico laban sa inyo, kasama ang mga Amoreo,
ang mga Perizeo, ang mga Cananaeo, ang mga Heteo,
ang mga Girgaseo, ang mga Hivita, at ang mga Jebuseo.
Pinagtagumpay ko kayo sa kanila at nilagay sila sa ilalim
ng inyong pamamahala. 12 Ipinadala ko ang putakti sa
harap ninyo, na paalis sa kanila at sa dalawang hari ng
mga Amoreo sa harapan ninyo. Ito ay hindi nangyari sa
pamamagitan ng inyong espada o sa pamamagitan ng
inyong pana. 13 Binigyan ko kayo ng lupain na hindi ninyo
pinagtrabahuhan at mga lungsod na hindi ninyo itinayo, at

ngayon kayo ay naninirahan sa mga ito. Kinakain ninyo ang
mga bunga ng mga ubasan at mga halamanang olibo na
hindi ninyo itinanim.' **14** Ngayon ang pagkatakot kay Yahweh
at sambahin siya ng boung karangalan at katapatan; alisin
ang mga diyos na sinamba ng inyong mga ninuno sa dako
ng Eufrates at sa Ehipto, at sambahin si Yahweh. **15** Kung
tila mali ito sa inyong mga paningin para sambahin ninyo si
Yahweh, kayo na mismo ang pumili ngayong araw na ito
kung sino ang inyong paglilingkuran, kung ang mga diyos
na sinamba ng inyong mga ninuno sa ibayo ng Eufrates o
ang mga diyos ng mga Amoreo, kung saang lupain kayo
naninirahan. Pero para sa akin at sa aking sambahayan,
sasambahin namin si Yahweh." **16** Sumagot ang bayan
at sinabi, "Hindi namin kailanman pababayaan si Yahweh
para maglingkod sa ibang mga diyos, **17** dahil si Yahweh
na aming Diyos ang naglabas sa amin at sa aming mga
ninuno mula sa lupain ng Ehipto, mula sa pagkaalipin, at
siyang gumawa ng mga dakilang palatandaan sa aming
paningin, at siyang nagpanatili sa amin sa lahat ng mga
daan na aming pupuntahan, at kasama ng lahat ng mga
bansa na aming dinaanan. **18** At pinaalis ni Yahweh sa harap
namin ang lahat ng mga mamamayan, ang mga Amoreo na
nanirahan sa lupaing ito. Sa gayon sasambahin rin namin
si Yahweh, dahil siya ang aming Diyos." **19** Pero sinabi
ni Josue sa bayan, "Hindi ninyo maaaring paglingkuran
si Yahweh, dahil siya ay isang banal na Diyos; siya ay
isang selosong Diyos; hindi niya papatawarin ang inyong
mga paglabag at mga kasalanan. **20** Kung iiwan ninyo si
Yahweh at sasamba sa mga dayuhang diyos, sa gayon
siya ay tatalikod at pipinsalain kayo. Tutupukin niya kayo,
pagkatapos niyang makagawa ng mabuti sa inyo." **21** Pero
sinabi ng bayan kay Josue, "Hindi, sasambahin namin si
Yahweh." **22** Pagkatapos sinabi ni Josue sa bayan, "Kayo
ang mga saksi laban sa inyong mga sarili na kayo mismo
ang pumili kay Yahweh, para sambahin siya." Sinabi nila,
"Kami ay mga saksi." **23** Ngayon itapon ninyo ang mga
dayuhang diyos na nasa inyo, at ibaling ang inyong puso kay
Yahweh, ang Diyos ng Israel." **24** Sinabi ng bayan kay Josue,
"Sasambahin namin si Yahweh na aming Diyos. Makikinig
kami sa kaniyang tinig." **25** Gumawa si Josue ng isang tipan
sa bayan sa araw na iyon. Inilagay niya sa lugar ang mga
kautusan at mga batas sa Sechem. **26** Sinulat ni Josue ang
mga salitang ito sa Ang Aklat ng Batas ng Diyos. Kumuha
siya ng isang malaking bato at inilagay ito doon sa ilalim ng
punong ensena sa tabi ng santuwaryo ni Yahweh. **27** Sinabi
ni Josue sa lahat ng mga tao, "Tingnan mo, ang batong ito
ay magiging isang patotoo laban sa amin. Narinig nito ang
lahat ng mga salita na sinabi ni Yahweh sa amin. Kaya ito ay
magiging isang saksi laban sa inyo, kung ninyo ipagkakaila
ang inyong Diyos." **28** Kaya pinaalis ni Josue ang bayan,
bawa't isa kaniyang sariling pamana. **29** Pagkatapos ng mga
bagay na ito si Josue na anak na lalaki ni Nun, ang lingkod
ni Yahweh, ay namatay, na nabuhay ng 110 taong gulang.
**30** Siya ay inilibing nila sa loob ng hangganan ng kaniyang
sariling pamana, sa Timnat Sera, na nasa maburol na lugar
ng Efraim, hilaga ng Bundok Gaash. **31** Sinamba ng Israel si
Yahweh sa buong buhay ni Josue, at sa buong buhay ng
mga matatanda na nabuhay ng mas matagal kay Josue, ang
mga nakaranas sa lahat ng bagay na nagawa ni Yahweh
para sa Israel. **32** Ang mga buto ni Jose, na dinala palabas
ng bayan ng Israel mula Ehipto—inilibing nila ang mga ito sa
Sechem, sa kapirasong lupain na binili ni Jacob mula sa
mga anak na lalaki ni Hamor, ang ama ni Sechem. Binili niya
ito sa halagang isang daang pirasong pilak, at ito ay naging
isang pamana para sa mga kaapu-apuhan ni Jose. **33** Si
Eleazar na anak na lalaki ni Aaron ay namatay din. Inilibing
nila siya sa Gibeah, ang lungsod ni Finehas na kaniyang
anak na lalaki, na ibinigay sa kaniya. Iyon ay nasa maburol
na lugar ng Efraim.

# Mga Hukom

1 Pagkatapos mamatay ni Josue, ang mga Israelita
ay nagtanong kay Yahweh, sa pagsasabing, “Sino
ang mamumuno sa amin kapag kami ay sumalakay at
nakipaglaban sa mga Cananeo?” 2 Sinabi ni Yahweh,
“ang tribo ng Juda ang mamumuno sainyo. Tingnan ninyo,
binigyan ko sa sila ng kontrol sa lupaing ito.” 3 Sinabi ng
pangkat ng mga tao ng Juda sa pangkat ng mga tao ng
Simeon, kanilang mga kapatid, “Sumama kayo sa amin
sa teritoryong itinalaga sa amin, para sama-sama tayong
lumaban sa mga Cananeo. At kami din ay sasama sa inyo,
sa teritoryong itinalaga sa inyo.” Kaya ang lipi ni Simeon ay
sumama sa kanila. 4 Sumalakay ang mga tao ng Juda, at
binigyan sila ng katagumpayan ni Yahweh laban sa mga
Cananeo at mga Ferezeo. Pinatay nila ang sampung libo
sa kanila sa Bezek. 5 Natagpuan nila si Adoni Bezek sa
Bezek, at nakipaglaban sila sa kaniya at tinalo ang mga
Cananeo at mga Pherezeo. 6 Pero tumakas si Adoni Bezek,
siya ay hinabol nila at nahuli, at pinutol nila ang kaniyang
mga hinlalaki sa kamay at mga malalaking daliri sa paa 7
Sinabi ni Adoni Bezek, “Pitumpung hari, na ang may hinlalaki
sa kamay at mga malalaking dalari sa paa ang pinutol,
na nag-iipon ng kanilang pagkain mula sa ilalim ng aking
mesa. Gaya ng aking ginawa, ganun din ang ginawa ng
Diyos sa akin.” Siya ay dinala nila sa Jerusalem, at doon
siya namatay. 8 Ang mga tao ng Juda ay nakipaglaban sa
lungsod ng Jerusalem at kinuha ito. Sinalakay nila ito sa
pamamagitan ng talim ng espada at ang lungsod ay sinunog
nila. 9 Pagkatapos noon, bumaba ang mga lalaki ng Juda
para makipaglaban sa mga Cananeo na naninirahan sa
burol na bansa, sa Negev, at sa mga mababang burol ng
katimugan. 10 Sumalakay ang Juda laban sa mga Cananeo
na naninirahan sa Hebron (ang pangalan ng Hebron noong
una ay Kiriat Arba), at tinalo nila si Sesai, Ahiman, at Talmai.
11 Mula roon sumalakay ang mga lalaki ng Juda laban sa
mga naninirahan ng Debir (Kiriat Sefer ang dating pangalan
ng Debir) 12 Sinabi ni Caleb, “Sinuman ang sumalakay sa
Kiriat Sefer at kunin ito, ibibigay ko sa kaniya si Acsa, ang
aking anak na babae, para kaniyang maging asawa.” 13 Si
Otniel na anak na lalaki ni Kinaz (nakababatang kapatid ni
Caleb) ay binihag ang Debir, kaya binigay ni Caleb si Acsa,
ang kaniyang anak na babae, para maging asawa niya. 14
Di nagtagal ay lumapit si Acsa kay Otniel, at hinimok niya si
Otniel na hilingin sa kaniyang ama na bigyan siya ng isang
bukirin. Habang pababa siya sa kaniyang asno, tinanong
siya ni Caleb, “Ano ang maaari kong gawin para sa iyo?” 15
Sinabi niya sa kaniya, “Bigyan mo ako ng biyaya. Buhat ng
paglagay mo sa akin sa lupain ng Negeb, bigyan mo rin ako
ng mga bukal ng tubig.” Kaya binigay ni Caleb sa kaniya
ang mga bukal sa itaas at mga bukal sa ibaba. 16 Umakyat
sa Lungsod ng mga Palmera ang mga kaapu-apuhan ng
Cineong biyenan ni Moises kasama ang bayan ng Juda,
sa ilang saJuda, na nasa Negeb, para manirahan kasama
ng mga tao ng Juda na malapit sa Arad. 17 At sumama
ang mga lalaki ng Juda sa mga kalalakihan sa Simeon na
kanilang mga kapatid at sinalakay ang mga Cananeo na
sumakop sa Sefat at winasak ito ng husto. Ang pangalan ng
lungsod ay tinawag na Horma. 18 Sinakop din ng mga tao ng
Juda ang Gaza at ang lupaing nasa paligid nito, Ashkelon at
ang lupaing nasa paligid nito, at Ekron at ang lupaing nasa
paligid nito. 19 Si Yahweh ay kasama ng mga tao ng Juda at
inangkin nila ang bulubundukin, pero hindi nila napalayas
ang mga naninirahan sa mga kapatagan dahil mayroon
silang mga bakal na karwaheng pandigma. 20 Ibinigay kay
Caleb ang Hebron (gaya ng sinabi ni Moises), at pinalayas
niya roon ang tatlong anak na lalaki ni Anak. 21 Pero hindi
pinalayas ang mga tao ng Benjamin ang mga Jebuseong
naninirahan sa Jerusalem. Kaya nanirahan sa Jerusalem
ang mga Jebuseo kasama ang mga tao ng Benjamin sa
araw na ito. 22 Naghahanda ang sambahayan ni Jose
para salakayin ang Betel, at kasama nila si Yahweh. 23
Nagpadala sila ng mga lalaki para magmanman sa Betel
(ang lungsod na tinawag dating Luz). 24 Nakakita ang mga
espiya ng isang taong lumabas sa lungsod, at sinabi nila sa
kaniya, “Pakiusap, ipakita sa amin kung paano makakapunta
sa lungsod, at magiging mabuti kami sa iyo. 25 Ipinakita niya
sa kanila ang isang daan patungo sa lungsod. At kanilang
sinalakay ang lungsod sa pamamagitan ng talim ng espada,
pero hinayaan nila ang lalaki at lahat ng kaniyang pamilya
na makalayo. 26 At ang lalaki ay pumunta sa lupain ng mga
anak ni Het at nagtayo ng isang lungsod at tinawag itong Luz,
na pangalan nito sa araw na ito. 27 Hindi pinalayas ng mga
tao ng Manases ang mga taong naninirahan sa mga lungsod
ng Bet San at ang mga nayon nito, o Taanac at ang mga
nayon nito, o ang mga naninirahan sa Dor at ang mga nayon
nito, o ang mga naninirahan sa Ibleam at ang mga nayon
nito, o ang mga naninirahan sa Megido at ang mga nayon
nito, dahil determinado ang mga Cananeo na manirahan sa
lupaing iyan. 28 Nang maging malakas ang Israel, pinilit nila
ang mga Cananeo na paglingkuran sila sa pamamagitan ng
mahirap na trabaho, pero hindi nila kailanman sila ganap na
pinalayas. 29 Hindi pinalayas ng Efraim ang mga Cananeong
naninirahan sa Gezer, kaya patuloy na nanirahan ang mga
Cananeo sa Gezer kasama nila. 30 Hindi pinalayas ng
Zabulun ang mga taong naninirahan sa Kitron, o ang mga
taong naninirahan sa Nahalol, kaya patuloy na nanirahan
ang mga Cananeo kasama nila, pero pinilit ng Zabulun ang

mga Cananeo na paglingkuran sila sa pamamagitan ng
mabigat na trabaho. **31** Hindi pinalayas ng Aser ang mga
taong naninirahan sa Acco, o ang mga taong naninirahan sa
Sidon, o ang mga naninirahan sa Alab, Aczib, Helba, Apik, o
Rehob. **32** Kaya naninirahan ang lipi ng Aser kasama ang
mga Cananeo (ang mga nanirahan sa lupain), dahil sila'y
hindi nila pinalayas. **33** Hindi pinalayas ng lipi ni Neftali ang
mga naninirahan sa Bet-semes, o ang mga naninirahan sa
Bet Anat. Kaya nanirahan ang lipi ni Neftali kasama ang
mga Cananeo (ang mga taong naninirahan sa lupaing iyon).
Gayunpaman, ang mga naninirahan sa Bet-semes at Bet
Anat ay sapilitang pinagtrabaho ng mabigat para sa Neftali.
**34** Pinilit ng mga Amoreo ang lipi ni Dan na manirahan sa
burol na bansa, sila ay hindi pinahihintulutang bumaba sa
kapatagan. **35** Kaya nanirahan ang mga Amoreo sa Bundok
ng Heres, sa Aijalon, at sa Shaalbim, pero sinakop sila ng
lakas ng mga hukbo ng sambahayan ni Jose, at sila ay
sapilitang naglingkod sa kanila ng pagtatrabaho ng mabigat.
**36** Umabot ang hangganan ng mga Amoreo mula sa burol ng
Akrabbim sa Sela pataas sa bulubundukin.

**2** Umakyat ang anghel ni Yahweh mula sa Gilgal patungo
Bochim at sinabing, “Kinuha ko kayo mula sa Ehipto, at
dinala kayo sa lupaing ipinangako kong ibibigay sa inyong
mga ama. Sinabi ko na, 'hindi ko kailanman sisirain ang aking
tipan sa inyo. **2** Hindi kayo dapat gumawa ng kasunduan sa
mga naninirahan sa lupaing ito. Dapat ninyong wasakin ang
kanilang mga altar.' Subalit hindi kayo nakinig sa aking tinig.
Ano itong ginawa ninyo? **3** Kaya sinasabi ko ngayon, 'Hindi
ko itataboy ang mga Cananeo sa harapan ninyo, pero sila ay
magiging mga tinik sa inyong tagiliran, at ang kanilang mga
diyus-diyosan ay magiging bitag para sa inyo.'” **4** Nang sinabi
ng anghel ni Yahweh ang mga salitang ito sa lahat ng bayan
ng Israel, sumigaw at nanangis ang mga tao. **5** Tinawag
nilang Bochim ang lugar na iyon. Doon ay naghandog sila
ng mga alay kay Yahweh. **6** Ngayon nang pinahayo ni Josue
ang mga tao sa kanilang landas, ang bayan ng Israel ay
pumunta sa lugar na itinalaga, para ariin ang kanilang lupain.
**7** Naglingkod kay Yahweh ang bayan sa buong buhay ni
Josue at ng mga nakakatanda na namuhay nang higit na
matagal kaysa sa kaniya, silang mga nakakita ng lahat na
dakilang gawa ni Yahweh para sa Israel. **8** Si Josue na anak
ni Nun na lingkod ni Yahweh, ay namatay sa gulang na
110 taon. **9** Inilibing nila si Josue sa hangganan ng lupaing
nakatalaga sa kaniya sa Timnat Heres, sa bulubundukin
ng Efraim, hilaga ng Bundok Gaas. **10** Ang buong salinlahi
ay nagtipon din sa kanilang mga ama. At ang isa pang
salinlahing nagsitanda pagkatpos nilang hindi makakilala kay
Yahweh o sa mga ginawa niya para sa Israel. **11** Ginawa
ng bayan ng Israel ang masama sa paningin ni Yahweh
at sila'y naglingkod sa mga Baal. **12** Humiwalay sila kay
Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ama, na naglabas sa
kanila sa lupain ng Ehipto. Sumunod sila sa ibang diyus-
diyosan, sa mga diyus-diyosan ng mga taong nasa palibot
nila, at nagpatirapa sila sa kanila. Kanilang ginalit si Yahweh
dahil **13** humiwalay sila kay Yahweh at sumamba kay Baal
at sa mga Ashtoret. **14** Nag-alab ang galit ni Yahweh sa
Israel, at ibinigay sila sa mga sumalakay na nagnakaw ng
kanilang mga ari-arian mula sa kanila. Sila ay kaniyang
ipinagbili bilang mga aliping hawak ng lakas ng kanilang
mga kaaway na nakapalibot pa sa kanila, para hindi na nila
maipatanggol ang kanilang mga sarili laban sa kanilang mga
kaaway. **15** Saanman magtungo ang Israel para lumaban,
ang kamay ni Yahweh ay laban sa kanila para matalo
sila, gaya ng kaniyang isinumpa sa kanila. At sila'y nasa
matinding kapighatian. **16** Si Yahweh ay nagtaas ng mga
hukom, na nagligtas sa kanila mula sa kapangyarihan ng
mga nagnanakaw ng kanilang mga ari-arian. **17** Gayunma'y
hindi sila nakinig sa kanilang mga hukom. Sila ay hindi tapat
kay Yahweh at ibinigay ang kanilang mga sarili tulad ng mga
bayarang babae sa ibang mga diyus-diyosan at sumamba
sa kanila. Sa madaling panahon ay lumihis sila mula sa
paraan ng pamumuhay ng kanilang mga ama—iyong mga
sumunod sa mga utos ni Yahweh—pero sila mismo ay hindi
ito ginawa. **18** Nang magtaas si Yahweh ng mga hukom para
sa kanila, tinulungan ni Yahweh ang mga hukom at iniligtas
sila mula sa kapangyarihan ng kanilang mga kaaway sa
buong buhay ng hukom. Dahil nahabag si Yahweh sa kanila
nang dumaing sila dahil sa mga umapi at nagpahirap sa
kanila. **19** Pero kapag namatay ang hukom, tatalikod sila
at gagawa ng mga bagay na higit na masahol kaysa sa
ginawa ng kanilang mga ama. Susunod sila sa ibang mga
diyus-diyosan para paglingkuran at sambahin sila. Tumanggi
silang isuko ang anumang masasamang gawi nila o ang
kanilang mga suwail na paraan. **20** Nag-alab ang galit ni
Yahweh laban sa Israel; kaniyang sinabi, “Dahil sinuway ng
bansang ito ang mga alituntunin ng aking tipang itinatag
ko para sa kanilang mga ama—dahil hindi sila nakinig sa
aking tinig— **21** mula ngayon, hindi ko na itataboy mula sa
harapan nila ang alinman sa mga bansang iniwan ni Josue
nang namatay siya. **22** Gagawin ko ito para subukin ang
Israel, kung susunod sila sa paraan ni Yahweh at lalakad
dito o hindi, tulad ng pagsunod dito ng kanilang mga ama.”
**23** Iyan ang dahilan kung bakit itinira ni Yahweh ang mga
bansang iyon at hindi niya sila itinaboy agad, at kung bakit
hindi niya pinayagang sakupin sila ni Josue.

**3** Ngayon ay hinayaan ni Yahweh ang mga bansa na
subukin ang Israel, lalo na ang lahat sa Israel na
hindi nakaranas ng anumang digmaan sa Canaan. **2**

(ginawa niya ito para ituro ang pakikipagdigma sa bagong
salinlahi ng mga Israelita na hindi pa nakakaalam nito
noong una.): **3** ang limang hari mula sa Palestina, lahat ng
mga Cananeo, ang mga Sidoneo, at ang mga Heveo na
naninirahan sa kabundukan ng Lebanon, mula sa Bundok
Baal Hermon patungong Pasong Hamat. **4** Ang mga bansang
ito ay inawanan para masubok ni Yahweh ang Israel, para
patunayang kung susundin nila ang mga utos na ibinigay
niya sa kanilang mga ninuno sa pamamagitan ni Moises.
**5** Kaya namuhay ang bayan ng Israel kasama ang mga
Cananeo, ang mga Heteo, ang Amoreo, ang Ferezeo, ang
Heveo, at ang mga Jebuseo. **6** Kinuha nila ang kanilang
mga anak na babae para maging asawa nila, at ang kanilang
sariling anak na mga babae ay ibinigay nila sa kanilang
mga anak na lalaki, at pinaglingkuran nila ang kanilang mga
diyus-diyosan. **7** Ginawa ng bayan ng Israel ang masama sa
paningin ni Yahweh at kinalimutan si Yahweh na kanilang
Diyos. Sinamba nila ang mga Baal at ang mga Asera. **8**
Kaya ang galit ni Yahweh ay nag-alab sa Israel, at sila'y
ipinagbili niya sa kamay ni Cushanrishataim ang hari ng Aram
Naharaim. Naglingkod nang walong taon ang bayan ng Israel
kay Cushan Rishathaim. **9** Nang ang bayan ng Israel ay
tumawag kay Yahweh, nagtalaga si Yahweh ng isang tao para
tulungan ang bayan ng Israel, at siyang sasagip sa kanila: Si
Otniel anak na lalaki ni Kenaz (Nakababatang kapatid na
lalaki ni Caleb). **10** Siya ay binigyan ng kapangyarihan ng
Espiritu ni Yahweh, pinangunahan niya ang Israel at siya ay
nakipagdigma. Binigyan siya ni Yahweh ng tagumpay laban
kay Cushanrishataim na hari ng Aram. Ito ang kapangyarihan
ni Otniel na tumalo kay Cushanrishataim. **11** Nagkaroon ng
kapayapaan ang lupain ng apatnapung taon. Pagkatapos si
Otniel na anak na lalaki ni Kenaz ay namatay. **12** Muling
sumuway ang bayan ng Israel kay Yahweh sa pamamagitan
ng paggawa ng mga masasamang bagay, at nakita niya
ang kanilang ginawa. Kaya binigyan ni Yahweh ng lakas si
Eglon ang hari ng Moab sa kaniyang pagsalakay laban sa
Israel, dahil nakagawa ang Israel ng mga bagay na masama
gaya ng napansin ni Yahweh. **13** Sumali si Eglon sa mga
Ammonita at mga Amalekita at nagpunta sila at tinalo ang
Israel, at inangkin nila ang Lungsod ng mga Palma. **14**
Naglingkod ang bayan ng Israel kay Eglon na hari ng Moab
sa loob ng walumpung taon. **15** Pero nang tumawag ang
bayan ng Israel kay Yahweh, nagtalaga ng isang tao si
Yahweh na tutulong sa kanila, si Ehud na anak na lalaki
ni Gera, isang Benjamita, at kaliwete. Ipinadala siya ng
bayan ng Israel, kasama ang pugay na pambayad, kay
Eglon na hari sa Moab. **16** Gumawa ng isang espadang may
dalawang talim si Ehud para sa kaniyang sarili, isang kubit
sa haba; itinali niya ito sa ilalim ng kaniyang damit sa kanang
hita. **17** Ibinigay niya ang pugay na pambayad kay Haring
Eglon ng Moab. (Ngayon si Eglon ay isang napakatabang
tao.) **18** Matapos ihandog ni Ehud ang pugay na pambayad,
umalis siya kasama ang mga nagdala nito. **19** Gayunman,
para kay Ehud nang marating niya ang lugar kung saan
ginawa ang mga inukit na larawan malapit sa Gilgal, siya
ay bumalik at sinabi, “Mayroon akong lihim na mensahe
para sa iyo, aking hari.” Sinabi ni Eglon, “Tumahimik ka”
Kaya umalis sa silid ang lahat ng naglilingkod sa kaniya.
**20** Lumapit sa kaniya si Ehud. Nakaupong mag-isa ang
hari, nag-iisa sa katiwasayan ng silid sa itaas. Sinabi ni
Ehud, “Mayroon akong mensahe mula sa Diyos para sa iyo.”
Tumayo ang hari mula sa kaniyang upuan. **21** Si Ehud ay
bumunot gamit ang kaliwang kamay at kinuha ang espada
mula sa kaniyang kanang hita, at isinaksak ito sa katawan
ng hari. **22** At bumaon pati ang hawakan ng espada kasunod
ng talim, na ang dulo ay tumagos sa kaniyang likuran, at
sumara ang taba sa talim, dahil hindi binunot ni Ehud ang
espada mula sa kaniyang katawan. **23** Pagkatapos lumabas
si Ehud sa balkonahe at isinara ang mga pintuan ng silid
sa itaas sa kaniyang likuran at kinandado ang mga ito. **24**
Matapos umalis ni Ehud, dumating ang mga tagapaglingkod
ng hari; nakita nila na nakakandado ang mga pintuan ng
silid sa itaas, kaya inisip nila, “Tiyak na pinagiginhawa niya
ang kaniyang sarili sa katiwasayan sa silid sa itaas.” **25**
Lubha silang nag-alala hanggang sa naramdaman nilang
nagpapabaya sila sa kanilang tungkulin kapag hindi parin
bubuksan ng hari ang mga pintuan ng silid sa itaas. Kaya
kinuha nila ang susi at binuksan ang mga ito, at doon
nakahiga ang kanilang amo, nakahandusay sa sahig, patay
na. **26** Habang naghihintay ang mga lingkod, nag-iisip kung
ano ang kanilang gagawin, tumakas si Ehud at dumaan sa
ibayo ng lugar kung saan may inukit na larawan ng mga
diyus-diyosan, at siya ay tumakas patungong Seira. **27** Nang
dumating siya, hinipan niya ang isang trumpeta sa mga
burol ng Efraim. Pagkatapos bumaba ang bayan ng Israel
kasama niya mula sa mga burol, at sila'y pinamumunuan
niya. **28** Sinabi niya sa kanila, “Sumunod kayo sa akin, dahil
malapit nang talunin ni Yahweh ang inyong mga kaaway,
ang mga Moabita.” Sumunod sila sa kaniya at binihag ang
mga mababaw na bahagi ng Jordan sa kabila mula sa mga
Moabita, at hindi nila pinahihintulan ang sinuman na tumawid
sa ilog. **29** Nang panahong iyon nakapatay sila ng humigit
kumulang sa sampung libong kalalakihan ng Moab, at ang
lahat ay malakas at mahuhusay na mga lalaki. Walang isa
mang nakatakas. **30** Kaya nang araw na iyon napasuko ang
Moab sa pamamagitan ng lakas ng Israel. At nagkaroon ng
kaginhawaan ang lupain sa loob ng walumpung taon. **31**
Pagkatapos ni Ehud ang sumunod na hukom ay si Shamgar

anak na lalaki ni Anat na pumatay ng 600 kalalakihan ng
mga Filisteo sa pamamagitan ng isang tungkod na ginagamit
para magtaboy ng mga baka. Iniligtas din niya ang Israel
mula sa panganib.

4 Matapos mamatay ni Ehud, muling sinuway ng bayan
ng Israel si Yahweh sa pamamagitan ng paggawa ng
masasamang bagay, at nakita niya kung ano ang ginawa nila.
2 Ibinigay sila ni Yahweh sa kapangyarihan ni Jabin na hari
ng Canaan na naghahari sa Hazor. Ang pinuno ng kaniyang
hukbo ay nagngangalang Sisera, at naninirahan siya sa
Haroshet ng mga Hentil. 3 Tumawag ang bayan ng Israel
kay Yahweh para sa tulong, dahil mayroong siyamnaraang
bakal na karwaheng pandigma si Sisera at inapi niya ang
bayan ng Israel sa loob ng dalawampung taon. 4 Ngayon
si Debora, isang babaeng propeta (asawa ni Lappidot),
ay isang nangungunang hukom sa Israel nang panahong
iyon. 5 Madalas siyang nakaupo sa ilalim ng palmera ni
Debora sa pagitan ng Rama at Betel sa bulubundukin
ng Efraim, at lumalapit sa kaniya ang mga tao ng Israel
para lutasin ang kanilang mga alitan. 6 Ipinatawag niya
si Barak na anak ni Abinoam mula sa Kedes sa Neftali.
Sinabi niya sa kaniya, “Inuutusan ka ni Yahweh, ang Diyos
ng Israel, 'Pumunta ka sa Bundok Tabor, at magsama ng
sampung libong kalalakihan mula sa Neftali at Zebulun. 7
Palalabasin ko si Sisera, na pinuno ng hukbo ni Jabin, para
salubungin kayo sa ilog ng Kison, kasama ang kaniyang
mga karwaheng pandigma at kaniyang hukbo, at bibigyan ko
kayo ng tagumpay laban sa kaniya.'” 8 Sinabi ni Barak sa
kaniya, “Kung sasama ka sa akin, pupunta ako, pero kung
hindi ka sasama sa akin, hindi ako pupunta.” 9 Sinabi niya,
“Talagang sasama ako sa iyo. Gayunman, ang landas na
dadaanan mo ay hindi maghahatid sa iyong karangalan,
dahil gagawin ni Yahweh na talunin si Sisera ng isang babae
sa pamamagitan ng kaniyang lakas.” Pagkatapos tumayo si
Debora at sumama kay Barak sa Kedes. 10 Tinawag ni Barak
ang mga kalalakihan ng Neftali para magtipon sa Kedes.
Sampung libong kalalakihan ang sumama sa kaniya, at
sumama sa kanya si Debora. 11 Ngayon hiniwalay ni Heber
(ang Kenita) ang kaniyang sarili mula sa mga Kenita—sila
ay mga kaapu-apuhan ni Hobab (biyenan ni Moises) —at
nagtayo ng kaniyang tolda sa may kakahuyan ng Zaananim
malapit sa Kedes. 12 Nang sinabihan nila si Sisera na
umakyat si Barak sa Bundok Tabor, 13 tinipon ni Sisera
ang kaniyang mga karwaheng pandigma, siyamnaraang
bakal na karwaheng pandigma, at lahat ng mga sundalong
kasama niya, mula sa Haroset ng mga Hentil patungo sa Ilog
Kison. 14 Sinabi ni Debora kay Barak, “Humayo ka! Dahil
ito ang araw na ibinigay sa iyo ni Yahweh ang tagumpay
laban kay Sisera. Hindi ba pinangungunahan ka ni Yahweh?”
Kaya bumaba si Barak mula sa Bundok Tabor na may
sampung libong kalalakihang sumusunod sa kaniya. 15
Ginawa ni Yahweh na malito ang hukbo ni Sisera, ang lahat
ng kaniyang mga karwaheng pandigma, at lahat ng kaniyang
hukbo. Sinalakay sila ng mga tauhan ni Barak at bumaba si
Sisera sa kaniyang karwaheng pandigma at tumakbo. 16
Pero tinugis ni Barak ang mga karwaheng pandigma at ang
hukbo patungo sa Haroset ng mga Hentil, at ang buong
hukbo ni Sisera ay namatay sa pamamagitan ng talim ng
espada, at wala ni isa mang nakaligtas. 17 Pero tumakbo
palayo si Sisera patungo sa tolda ni Jael, na asawa ni Heber
na Kenita, dahil mayroong kapayapaan sa pagitan ni Jabin
na hari ng Hazor at ng sambahayan ni Heber na Kenita.
18 Lumabas si Jael para salubungin si Sisera at sinabi sa
kaniya, “Lumapit ka, aking panginoon; lumapit ka patungo sa
akin at huwag matakot.” Kaya lumapit si Sisera patungo sa
kaniya at pumasok sa kaniyang tolda at siya ay tinakpan
niya ng isang kumot. 19 Sinabi niya sa kaniya, “Pakiusap
bigyan mo ako ng kaunting tubig na maiinom, dahil ako ay
nauuhaw.” Binuksan niya ang isang balat na supot ng gatas
at binigyan siya ng inumin, at siya'y tinakpan niyang muli.
20 Sinabi niya sa kaniya, “Tumayo ka sa bungad ng tolda
at kung may dumating at magtanong sa iyo, 'May tao ba
riyan?' sabihing, 'Wala'.” 21 Pagkatapos nagdala si Jael (ang
asawa ni Heber) ng isang pakong kahoy ng tolda at martilyo
sa kaniyang kamay at palihim na pumunta sa kaniya, dahil
siya ay nasa mahimbing na pagtulog, at ipinukpok niya ang
pakong kahoy sa tagiliran ng kaniyang ulo at ito ay tumusok
patagos sa kaniya at bumaba sa lupa. At siya ay namatay.
22 Habang hinahabol ni Barak si Sisera, lumabas si Jael
para salubungin siya at sinabi sa kaniya, “Halika, ipapakita
ko sa iyo ang taong hinahanap mo.” Kaya sumama siya sa
kaniya, at naroon nakabulagtang patay si Sisera, na ang
pakong kahoy ng tolda ay nasa tagiliran ng kaniyang ulo. 23
Kaya sa araw na iyon tinalo ng Diyos si Jabin, ang hari ng
Canaan, sa harapan ng mga tao ng Israel. 24 Ang lakas ng
mga tao ng Israel ay tumindi nang tumindi laban kay Jabin
ang hari ng Canaan, hanggang sa siya ay wasakin nila.

5 Sa araw na inawit ni Debora at Barak anak ni Abinoam
ang awiting ito: 2 “Kapag nanguna ang mga pinuno sa
Israel, kapag masayang nagkusa sumama ang mga tao
para sa digmaan— pinupuri namin si Yahweh! 3 Makinig sa
akin, kayo mga hari! Magbigay pansin, kayong mga pinuno,
ako ay aawit kay Yahweh; aawit ako ng mga papuri kay
Yahweh, ang Diyos ng Israel. 4 Yahweh, nang lumisan ka
mula sa Seir, nang lumakad ka mula sa Edom, nayanig
ang mundo, at nanginig ang kalangitan; nagbuhos din ng
tubig ang ulap. 5 Nayanig ang mga bundok sa harapan ng
mukha ni Yahweh; kahit ang Bundok ng Sinai ay nayanig

sa harapan ng mukha ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. 6
Sa kapanahunan ni Shamgar (anak na lalaki ni Anat), sa
kapanahunan ni Jael, napabayaan ang mga pangunahing
kalsada, at ang mga lumalakad ay ginagamit lamang ang
mga liko-likong daan. 7 Walang mga manggagawa sa Israel,
hanggang sa Ako, si Debora, ang nag-uutos— nag-uutos
ang isang ina sa Israel! 8 Pinili nila ang bagong mga diyus-
diyosan, at nagkaroon ng labanan sa mga tarangkahan ng
lungsod; ni walang mga kalasag o sibat ang makikita sa
apatnapung libo sa Israel. 9 Nakikiisa ang aking puso sa mga
namumuno ng Israel, kasama ang mga tao na masayang
nagkusang loob— pinuri namin si Yahweh para sa kanila! 10
Pag-isipan ninyo ang tungkol dito—kayong sumasakay sa
mga puting asno na nakaupo sa mga mamahaling piraso
ng tela para upuan, at kayong naglalakad sa daan. 11
Pakinggan ang mga tinig ng mga umaawit sa igiban ng tubig.
Doon sinabi nilang muli ang makatuwirang mga ginawa ni
Yahweh, at ang matuwid na mga kinikilos ng kaniyang mga
mandirigma sa Israel. Pagkatapos bumaba ang mga tao ni
Yahweh sa mga tarangkahang lungsod. 12 Gising, gising,
Debora! Gising, gising, umawit ng isang awitin! Bangon,
Barak, at bihagin ang iyong mga bilanggo, ikaw anak ni
Abinoam. 13 Pagkatapos bumaba ang mga nakaligtas sa
mga maharlika— bumaba ang mga tao ni Yahweh sa akin
kasama ng mga mandirigma. 14 Dumating sila mula sa
Efraim, na ang pinagmulan ay nasa Amalec; sumunod ang
mga tao ng Benjamin sa inyo. Bumaba ang mga namumuno
mula sa Macir, at ang mga nagbitbit ng isang tungkod ng
opisyal mula sa Zebulun. 15 At kasama ni Debora ang aking
mga prinsipe sa Isacar, at kasama ni Isacar si Barak na
nagmamadaling sumunod sa kaniya patungo sa lambak sa
ilalim ng kaniyang utos. May matinding pagsasaliksik ng puso
sa mga angkan ni Ruben. 16 Bakit kayo umupo sa pagitan
ng mga pugon, nakikinig sa mga pastol na tumutugtog ng
kanilang mga tipano para sa kanilang mga kawan? Para sa
mga angkan ni Ruben ay may dakilang pagsasaliksik ng
puso. 17 Nanatili si Galaad sa kabilang dako ng Jordan; at
Dan, bakit siya lumibot gamit ang mga barko? Nanatili si
Aser sa baybayin at nanirahan malapit sa kaniyang mga
daungan. 18 Isang lipi si Zebulun na inilagay sa panganib
ang kanilang buhay na halos dumating sa kamatayan, at si
Nephtali, rin, sa larangan ng digmaan. 19 Dumating ang mga
hari at nakipaglaban, pagkatapos nakipaglaban ang mga
hari ng Canaan, sa Taanac sa pamamagitan ng mga tubig sa
Megido. Pero hindi sila nakakuha ng pilak bilang manloloob.
20 Nakipaglaban ang mga bituin mula sa langit, mula sa
kanilang landas sa ibayo ng mga kalangitan nakipaglaban
sila laban kay Sisera. 21 Tinangay sila ng Ilog Kison palayo,
ang matandang ilog na iyan, ang Ilog Kison. Magmartsa
ka aking kaluluwa, maging matatag! 22 At ang tunog ng
paa ng mga kabayo— pumapadyak, ang pagpadyak ng
kaniyang mga makapangyarihan. 23 'Isumpa ang Meroz!'
sinasabi ng anghel ni Yahweh. 'Tiyaking isumpa ang mga
nanirahan dito! — dahil hindi sila dumating para tulungan
si Yahweh— para tulungan si Yahweh sa digmaan laban
sa malakas na mga mandirigma.' 24 Pinagpala si Jael higit
sa lahat ng mga babae, si Jael (ang asawa ni Heber ang
Cineo), mas pinagpala siya kaysa sa lahat ng ibang babaeng
nanirahan sa mga tolda. 25 Humingi ang lalaki ng tubig, at
siya ay binigyan niya ng gatas; dinalhan niya ng mantikilya
sa isang pinggan para sa mga prinsipe. 26 Inilagay niya
ang kaniyang kamay sa pakong kahoy ng tolda, at ang
kaniyang kanang kamay sa martilyo ng mga manggagawa,
sa pamamagitan ng martilyo pinalo niya si Sisera, dinurog
niya ang kaniyang ulo. Pinalo niya ang kaniyang bungo
hanggang magkapira-piraso nang pinalo niya ang gilid ng
kaniyang ulo. 27 Bumagsak siya sa pagitan ng kaniyang
paa, natumba siya at nahiga siya roon. Sa pagitan ng
kaniyang paa naramdaman niya ang pamamanhid. Ang
lugar na kaniyang pinagbagsakan ay kung saan marahas
siyang pinatay. 28 Sa labas ng isang bintana tumingin siya
— tumingin ang ina ni Sisera mula sa sala-sala at sumigaw
siya sa lubos na kalungkutan 'Bakit napakatagal dumating
ng kaniyang karwahe? Bakit natagalan ang tunog ng mga
paa ng mga kabayong humihila ng kaniyang mga karwahe?'
29 Sumagot ang kaniyang mga pinakamatalinong prinsesa,
at ibinigay niya ang kaniyang parehong sagot: 30 'Hindi ba
nila natagpuan at hinati ang mga nakuha sa panloloob?
—Ang sinapupunan, ang dalawang sinapupunan para sa
bawat lalaki; ang nakuha sa panloloob na tininang damit
para kay Sisera, ang nadarambong na tininang damit na
burdado, ang dalawang tininang damit na burdado para sa
mga leeg ng manloloob?' 31 Kaya nawa'y mamatay ang
lahat inyong kaaway, Yahweh! Pero hayaan ang umibig sa
kaniya na maging katulad ng araw kapag sumikat ito sa
kaniyang lakas." At may kapayapaan sa lupain sa loob ng
apatnapung taon.

**6** Ang bayan ng Israel ay gumawa ng kasamaan sa
paningin ni Yahweh, at sila'y inilagay niya sa ilalim
ng kapangyarihan ng Midianita ng pitong taon. 2 Ang
kapangyarihan ng Midianita ang nagpahirap sa Israel. Dahil
sa Midianita, gumawa ang bayan ng Israel ng makukublihan
para sa kanilang sarili mula sa mga yungib sa mga burol,
sa mga kuweba, at mga matibay na tanggulan. 3 Nangyari
na kapag ang mga Israelita ay nagtanim ng kanilang mga
pananim, ang mga Midianita at ang mga Amalekita at ang
mga taong mula sa silangan ay sasalakay sa mga Israelita.
4 Inilalagay nila ang kanilang mga sundalo sa lupain at

winawasak ang mga pananim, hanggang sa Gaza. Wala
silang itinitirang pagkain sa Israel, walang tupa, ni mga baka,
o mga asno. 5 Sa tuwing sila at kanilang mga alagang
hayop at mga tolda ay dadating, darating sila na gaya ng
pulutong ng mga balang, at ito ay hindi kayang bilangin
maging ang mga tao o ang kanilang mga kamelyo. Sinakop
nila ang lupain para wasakin ito. 6 Pinahina ng Midianita
ang mga Israelita ng napakatindi na ang bayan ng Israel ay
tumawag kay Yahweh. 7 Nang tumawag ang mga tao ng
Israel kay Yahweh dahil sa Midian, 8 nagpadala ng isang
propeta si Yahweh sa mga tao ng Israel. Sinabi ng propeta
sa kanila, “Ito ang sinabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel:
'Dinala ko kayo mula Ehipto, inalis ko kayo mula sa tahanan
pagkaka-alipin. 9 Sinagip ko kayo mula sa kapangyarihan
ng mga taga Ehipto, at mula sa kapangyarihan ng lahat
ng mga nagpapahirap sa inyo. Pinalayas ko sila sa inyong
harapan, at ibinigay ko sa inyo ang kanilang lupain. 10 Sinabi
ko sa inyo, “Ako si Yahweh na inyong Diyos; inutusan ko
kayo na huwag sambahin ang mga diyus-diyosan ng mga
Amoreo, na ang lupain ay inyong tinirahan.” Pero hindi ninyo
sinunod ang tinig ko.'” 11 Ngayon ang anghel ni Yahweh
ay dumating at umupo sa ilalim ng igos sa Ofra, na pag-
aari ni Joas (ang Abiezrita), habang si Gideon, anak na
lalaki ni Joas, ay hinihiwalay ang trigo sa pamamagitan ng
paghampas nito sa sahig, sa pigaan ng ubas—para itago
ito mula sa mga Midianita. 12 Ang anghel ni Yahweh ay
nagpakita sa kaniya at sinabi sa kaniya, “Si Yahweh ay
kasama mo, ikaw na malakas na mandirigma!” 13 Sinabi ni
Gideon sa kaniya, “O, aking panginoon, kung si Yahweh ay
kasama namin, bakit nagyayari ang lahat ng ito sa amin?
Nasaan na ang lahat ng kaniyang mga dakilang gawa na
sinabi sa amin ng aming mga ama, nang sinabi nilang, 'Hindi
ba si Yahweh ang nag-alis sa atin mula sa Ehipto?' Pero
ngayon pinabayaan kami at ibinigay kami ni Yahweh sa
kapangyarihan ng Midian.” 14 Tumingin si Yahweh sa kaniya
at sinabing, “Pumunta ka sa lakas na mayroon ka. Iligtas
ang Israel mula sa kapangyarihan ng mga Midianita. Hindi
kita ipinadala?” 15 Sinabi ni Gideon sa kaniya, “Pakiusap,
Panginoon, paano ko maliligtas ang Israel? Tingnan mo, ang
aking pamilya ang pinakamahina sa Manases, at ako ang
pinaka hindi mahalaga sa sambahayan ng aking ama.” 16
Sinabi ni Yahweh sa kaniya, “Ako ay sasama sa iyo, at iyong
matatalo ang buong hukbo ng Midianita.” 17 Sinabi ni Gideon
sa kaniya, “Kung ikaw ay nasisiyahan sa akin, kung gayon
bigyan mo ako ng isang palatandaan na ikaw ang siyang
nakikipag-usap sa akin. 18 Pakiusap, huwag kang umalis
dito, hanggang ako ay pumunta sa iyo at mag-dala ng aking
handog at inilagay ito sa harapan mo.” Sinabi ni Yahweh,
“Ako ay maghihintay hanggang ikaw ay makabalik.” 19
Pumunta si Gideon at nag-handa ng isang batang kambing
at mula sa isang epha ng harina gumawa siya ng tinapay na
walang lebadura. Nilagay niya ang karne sa isang basket, at
nilagay niya ang sabaw sa isang palayok at dinala ang mga
ito sa kaniya sa ilalim ng punong igos, at inihandog ang
mga ito. 20 Sinabi ng anghel ng Diyos sa kaniya, “Dalhin
ang karne at ang tinapay na walang lebadura at ilagay ang
mga ito sa batong ito, at ibuhos ang sabaw sa ibabaw ng
mga ito.” At ginawa iyon ni Gideon. 21 Pagkatapos ang
anghel ni Yahweh ay iniabot ang dulo ng tungkod na nasa
kaniyang kamay. Sa pamamagitan nito dinampian ang laman
at ang tinapay na walang lebadura; lumabas ang isang apoy
mula sa bato at tinupok ang karne at ang tinapay na walang
lebadura. Pagkatapos ang anghel ni Yahweh ay umalis
palayo at hindi na siya makita ni Gideon. 22 Naintindihan
ni Gideon na ito ang anghel ni Yahweh. Sinabi ni Gideon,
“O, Panginoong Yahweh, Dahil nakita ko ang anghel ni
Yahweh na mukha sa mukha!” 23 Sinabi ni Yahweh sa
kaniya, “Sa iyo ang kapayapaan! Huwag kang matakot, hindi
ka mamamatay.” 24 Kaya gumawa doon si Gideon ng isang
altar para kay Yahweh. Tinawag niya itong, “Si Yahweh ay
Kapayapaan.” Hanggang sa araw na ito nakatayo parin ito
sa Ofra ng lahing Abiezrita. 25 Nang gabing iyon sinabi ni
Yahweh sa kaniya, “Kunin ang toro ng iyong ama, at ang
pangalawang toro na labimpitung taong gulang, at tanggalin
ang altar ni Baal na pag-aari ng iyong ama, at putulin ang
Asera na nasa tabi nito. 26 Gumawa ng isang altar kay
Yahweh na iyong Diyos sa tuktok ng lugar ng kanlungan na
ito, at gawin ito sa tamang paraan. Ialay ang pangalawang
toro bilang isang handog na susunugin, gamit ang kahoy
mula sa Asera na iyong pinutol.” 27 Kaya si Gideon ay
kumuha ng sampu sa kaniyang mga lingkod at ginawa kung
ano ang sinabi ni Yahweh sa kaniya. Dahil masyado siyang
natakot sa sambahayan ng kaniyang ama at ang kalalakihan
ng bayan para gawin ito sa umaga, ginawa niya ito sa gabi.
28 Kinabukasan nang bumangon ang kalalakihan ng bayan,
ang altar ni Baal ay nawasak, at ang Asera na nasa tabi
nito ay nabuwal, at ang pangalawang toro na inalay sa
altar na naisagawa. 29 Sinabi ng kalalakihan ng lungsod sa
isa't-isa, “Sino ang gumawa nito?” Nang kinausap nila ang
iba at naghanap ng kasagutan, sinabi nila, “Si Gideon na
anak ni Joas ang gumawa ng bagay na ito.” 30 Pagkatapos
sinabi ng mga kalalakihan ng bayan kay Joas, “Dalhin
palabas ang iyong anak na lalaki para siya ay mailagay sa
kamatayan, dahil winasak niya ang altar ni Baal, at binuwal
niya ang Asera sa tabi nito.” 31 Sinabi ni Joas sa lahat ng
tumututol sa kaniya, “Pakikiusapan ba ninyo ang kaso para
kay Baal? Kayo ba ang magliligtas sa kaniya? Sinuman
ang magmaka-awa sa kaso para sa kaniya, hayaan siyang

malagay sa kamatayan habang umaga pa. Kung si Baal ay
isang diyos, hayaan siyang ipagtanggol ang kaniyang sarili
kapag winasak ng sinuman ang kaniyang altar." 32 Kaya sa
araw na iyon si Gideon ay binigyan ng pangalang, "Jeru
Baal", dahil sinabi niya, "Hayaang ipagtanggol ni Baal ang
kaniyang sarili laban sa kaniya," dahil winasak ni Gideon
ang kaniyang altar. 33 Ngayon ang lahat ng mga Midianita,
ang mga Amalekita, at ang mga tao sa silangan ay nagtipon
ng magkakasama. Tumawid sila ng Jordan at nag-kampo sa
lambak ng Jezreel. 34 Pero binalot si Gideon ng Espiritu ni
Yahweh. Hinipan ni Gideon ang isang trumpeta, tinawag ang
angkan ng Abiezrita, para sila ay maaaring sumunod sa
kaniya. 35 Nagpadala siya ng mga sugo sa buong Manases,
at sila rin, ay tinawag para sumunod sa kanya. Siya rin
ay nagpadala ng mga sugo sa Asher, Zebulun, at Neftali,
at pumunta sila para makipagkita sa kaniya. 36 Sinabi ni
Gideon sa Diyos, "Kung binabalak mo akong gamitin para
iligtas ang Israel, gaya ng sinabi mo— 37 Tingnan mo,
inilalagay ko ang isang tela na gawa sa balahibo ng tupa sa
giikang palapag. Kapag merong hamog sa balahibo ng tupa
lamang, at tuyo sa lahat ng lupa, kung gayon malalaman
ko na gagamitin mo ako para iligtas ang Israel, gaya ng
sinabi mo." 38 Ito ang nangyari—Bumangon si Gideon ng
maaga nang sumunod na araw, piniga niyang sabay ang
balahibo ng tupa, at piniga ang hamog mula sa balahibo
ng tupa, tama lamang para punuin ang isang mangkok ng
tubig. 39 Pagkatapos sinabi ni Gideon sa Diyos, "Huwag
kang magalit sa akin, magsasalita ako ng isa pang beses.
Pakiusap pahintulutan mo ako ng isa pang pagsubok gamit
ang balahibo ng tupa. Sa pagkakataong ito gawing tuyo ang
balahibo ng tupa, at hayaang mayroong hamog sa lahat
ng lupa sa palibot nito." 40 Ginawa ng Diyos ang anumang
kaniyang hiningi para sa gabing iyon. Ang balahibo ng tupa
ay tuyo, at mayroong hamog sa lahat ng lupa sa palibot nito.

**7** Pagkatapos si Jerub Baal (iyon ay, si Gideon) bumangon
nang maaga at lahat ng mga taong kasama niya at
nagkampo sila sa tabi ng bukal ng Harod. Ang kampo ng
Midian ay nasa hilaga nila sa lambak na malapit sa burol
ng More. 2 Sinabi ni Yahweh kay Gideon, "Napakaraming
sundalo sa akin para mabigyan kita ng tagumpay laban
sa mga Midianita. Tiyaking hindi magmamayabang ang
Israel laban sa akin, sa pagsasabing, 'Iniligtas tayo ng
ating sariling kapangyarihan.' 3 Kaya ngayon, ihayag sa
mga tainga ng mga tao at sabihin, 'Sinuman ang takot,
sinuman ang nanginginig, hayaan siyang bumalik at umalis
mula sa Bundok ng Galaad." Kaya dalawampu't dalawang
libong tao ang umalis at sampung libo ang nanatili. 4 Sinabi
ni Yahweh kay Gideon, "Napakarami pa rin ng mga tao.
Dalhin sila pababa sa tubig at gagawin kung mas kaunti
ang kanilang bilang para sa iyo roon. Kung sabihin ko sa
iyo. 'Sasama sa iyo itong isa,' sasama siya sa iyo; pero
kung sasabihin ko, 'Hindi sasama sa iyo ang isang ito,' hindi
siya sasama." 5 Kaya dinala ni Gideon ang mga tao sa
tubig at sinabi ni Yahweh sa kaniya, "Ihiwalay ang bawat
isang sumalok ng tubig at uminom, gaya ng pagdila ng
isang aso, mula sa sinumang lumuhod para uminom." 6
Tatlong daang kalalakihan ang dumila. Ang natirang mga
kalalakihan ay lumuhod para uminom ng tubig 7 Sinabi ni
Yahweh kay Gideon, "Sa pamamagitan ng tatlong daang
kalalakihan sumalok at uminom, ililigtas ko kayo at bibigyan
ng tagumpay laban sa mga Midianita. Hayaang bumalik ang
ibang mga kalalakihan sa kani-kanilang lugar." 8 Kaya ang
mga napili ay kumuha ng kanilang mga pangangailangan at
kanilang mga trumpeta. Pinauwi ni Gideon ang mga lalaki ng
Israel, bawat lalaki sa kaniyang tolda, pero pinanatili niya ang
tatlong daang kalalakihan. Ngayon ang kampo ng Midianita
ay nasa baba niya sa lambak. 9 Sa parehong gabing iyon
sinabi ni Yahweh sa kaniya, "Bangon! Lusubin ang kampo,
dahil ibibigay ko sa iyo ang tagumpay laban dito. 10 Pero
kung natatakot kang bumaba, bumaba ka sa kampo kasama
si Pura na iyong lingkod 11 at makinig sa kanilang sinasabi
at mapapalakas ang iyong loob para lusubin ang kampo.
"Kaya pumunta si Gideon kasama si Purah na kaniyang
lingkod, pababa sa puwesto ng tagabantay ng kampo. 12
Nanatili sa tabi ng lambak ang mga Midianita, ang mga
Amalekita at lahat ng tao ng silangan, singkapal ng ulap
ng mga balang. Higit pa sa kayang bilangin ang kanilang
mga kamelyo; higit na marami ang bilang nila kaysa sa mga
butil ng buhangin sa baybayin. 13 Nang dumating si Gideon
doon, isang lalaki ang nagsasabi ng isang panaginip sa
kaniyang kasama. Sinabi ng lalaki, "Tingnan mo! mayroon
akong isang panaginip at nakita ko ang isang bilog na
piraso ng tinapay na sebada ang gumugulong papunta sa
kampo ng Midianita. Dumating ito sa tolda at tumama nang
napalakas, bumagsak at natiwarik ito, kaya lumagapak ito."
14 Sinabi ng ibang lalaki, "Walang iba ito kundi ang espada
ni Gideon (anak na lalaki ni Joas), ang Israelita. Binigyan
siya ng Diyos ng tagumpay laban sa Midian at sa lahat
ng kanilang mga hukbo." 15 Nang marinig ni Gideon ang
muling pagsasalaysay ng panaginip at ang kahulugan nito,
nagpatirapa siya sa pagsamba. Bumalik siya sa kampo ng
Israel at sinabi, "Bumangon kayo! Binigyan kayo ni Yahweh
ng tagumpay laban sa mga hukbo ng Midian." 16 Hinati niya
ang tatlong daang kalalakihan sa tatlong pangkat at ibinigay
sa kanila ang lahat ng mga trumpeta at ang mga tapayang
walang laman, na may sulo sa loob ng bawat tapayan. 17
Sinabi niya sa kanila, "Tumingin kayo sa akin at sundin kung
ano ang aking gagawin. Masdan ninyo! Kapag dumating

ako sa dulo ng kampo, dapat ninyong gawin kung ano ang
aking gagawin. **18** Kapag hihipan ko ang trumpeta, ako
at ang lahat ng aking kasama, sa gayon hihipan ninyo rin
ang inyong mga trumpeta sa bawat sulok ng buong kampo
at sumigaw, 'Para kay Yahweh at kay Gideon!'" **19** Kaya
dumating si Gideon at ang isandaang lalaki na kasama niya
sa bawat sulok ng kampo, sa pagsisimula ng kalagitnaang
pagbabantay. Habang nagpapalit ng mga tagabantay ang
mga Midianita, hinipan nila ang mga trumpeta at binasag
ang mga tapayang nasa kanilang mga kamay. **20** Hinipan
ng tatlong pangkat ang mga trumpeta at binasag ang mga
tapayan. Hinawakan nila ang mga sulo sa kanilang kaliwang
kamay at mga trumpeta sa kanang kamay para hipan ang
mga ito. Sumigaw sila, "Ang espada ni Yahweh at ni Gideon,"
**21** Tumayo ang bawat lalaki sa kaniyang lugar sa palibot
ng kampo at nagsitakbuhan ang lahat ng mga hukbo ng
Midianita. Sumigaw sila at tumakbo palayo. **22** Nang hinipan
nila ang tatlong daang mga trumpeta, itinakda ni Yahweh
ang espada ng bawat Midianita laban sa kaniyang kasama at
laban sa lahat ng kanilang mga hukbo. Tumakbo palayo ang
hukbo hanggang sa layo ng Beth Sita patungong Zerera,
kasing layo ng hangganan ng Abel Meholah na malapit sa
Tabata. **23** Nagtipon ang mga kalalakihan ng Israel mula sa
Neftali, Asher at buong Manases at hinabol nila ang Midian.
**24** Nagpadala si Gideon ng mga mensahero sa lahat ng mga
burol ng Efraim, sa pagsasabing, "Bumaba laban sa Midian
at pigilan ang Ilog Jordan, hanggang sa layo ng Beth Bara,
para pigilan sila. Kaya sama-samang nagtipon ang mga
kalalakihan ng Efraim at pinigilan ang mga tubig, hanggang
sa layo ng Beth Bara at ng Ilog Jordan. **25** Nabihag nila ang
dalawang prinsipe ng Midian, sina Oreb at Zeeb. Pinatay nila
si Oreb sa bato ng Oreb, at pinatay nila si Zeeb sa pigaan
ng ubas ng Zeeb. Hinabol nila ang mga Midianita at dinala
nila ang mga ulo nina Oreb at Zeeb kay Gideon, na nasa
kabilang ibayo ng Jordan.

**8** Sinabi ng mga kalalakihan ng Efraim kay Gideon, "Ano ba
itong ginawa mo sa amin? Hindi mo kami tinawag nang
nakipaglaban ka sa mga Midian." At marahas na nakipagtalo
sila sa kaniya. **2** Sinabi niya sa kanila, "Ano ba ang aking
ginawa ngayon na maihahambing na ikukumpara sa inyo?
Hindi ba na ang tinipong mga ubas ng Efraim ay mas mabuti
sa inaning ubas ni Abiezer? **3** Ibinigay ng Diyos sa inyo ang
tagumpay laban sa mga prinsipe ng Midian—Oreb at Zeeb!
Ano ba ang aking napagtagumpayan na maikukupara sa
inyo?" Ang kanilang galit laban sa kaniya ay humupa sa
sinabi niya. **4** Dumating si Gideon sa Jordan at tumawid dito,
siya at ang tatlong daang kalalakihang kasama niya. Sila ay
pagod na pagod, pero nagpatuloy pa rin sila sa pagtugis. **5**
Sinabi niya sa mga kalalakihan ng Sucot, "Pakiusap bigyan
mo ng tinapay ang mga taong sumusunod sa akin, dahil sila
ay pagod na pagod at tinutugis ko sina Zeba at Zalmunna,
ang mga hari ng Midinanita." **6** At sinabi ng mga pinuno ng
Suco, "Ang mga kamay ba nina Zeba at Zalmuna ay nasa
inyong mga kamay ngayon? Hindi ko alam kung magbibigay
kami ng tinapay sa iyong mga hukbo" **7** Sinabi ni Gideon,
"Kapag ibinigay ni Yahweh sa amin ang tagumpay laban kay
Zeba at Zalmunna, pupunitin ko ang inyong laman gamit
ang tinik sa disyerto at dawag." **8** Umakyat siya mula roon
patungong Penuel at nagsalita sa mga tao roon sa parehong
paraan, pero sumagot ang mga kalalakihan ng Penuel gaya
ng pagsagot ng mga kalalakihan ng Sucot sa kaniya. **9**
Nagsalita rin siya sa mga tao ng Penuel at sinabi, "Kapag
dumating ako na may kapayapaan, pababagsakin ko ang
toreng ito." **10** Ngayon sina Zeba at Zalmuna ay nasa Karkor,
kasama nila ang kanilang mga hukbo, mga labinlimang
libong kalalakihan, lahat ng mga nanatili mula sa buong
hukbo ng mga tao ng silangan. Dahil doon 120, 000 ang
bumagsak na kalalakihan na sinanay para lumaban gamit
ang espada. **11** Umakyat si Gideon sa kampo ng kaaway
at tinahak ang Daan ng Nomad, lagpas Noba at Jogbeha.
Tinalo niya ang hukbo ng kaaway, dahil hindi nila inaasahan
ang paglusob. **12** Tumakas sina Zeba at Zalmuna, habang
hinahabol sila ni Gideon, nahuli niya ang dalawang hari ng
Midian—sina Zeba at Zalmuna—at nagkagulo ang buong
hukbo nila. **13** Bumalik mula sa labanan si Gideon, anak na
lalaki ni Joas papunta sa pasong Heres. **14** Nakasalubong
niya ang isang binata sa bayan ng Sucot at humingi ng
payo mula sa kaniya. Inilarawan sa kaniya ng binata ang
mga pinuno ng Sucot at mga nakatatanda, pitumpu't pitong
kalalakihan. **15** Dumating si Gideon sa mga kalalakihan
ng Sucot at sinabing, "Tingnan sina Zeba at Zalmuna, sa
kanilang ninyo ako kinutya at sa pagsasabing, 'Nalupig na
ba ninyo sina Zeba at Zalmunna? Hindi namin alam na dapat
kaming magbigay ng tinapay sa inyong hukbo.'" **16** Kinuha ni
Gideon ang mga nakatatanda ng lungsod at pinarusahan ang
mga kalalakihan ng Sucot sa pamamagitan ng disyertong
mga tinik at mga dawag. **17** At pinabagsak niya ang tore
ng Penuel at pinatay ang mga kalalakihan ng lungsod na
iyon. **18** Pagkatapos sinabi ni Gideon kina Zeba at Zalmuna,
"Anong uri ng mga lalaki ang inyong pinatay sa Tabor?"
Sumagot sila, "Gaya mo, gayon din sila. Bawat isa sa kanila
ay tulad ng anak na lalaki ng isang hari." **19** Sinabi ni Gideon,
"Sila ay aking mga kapatid na lalaki, ang mga anak na lalaki
ng aking ina. Habang nabubuhay si Yahweh, kung iniligtas
ninyo sila ng buhay, hindi ko kayo papatayin." **20** Sinabi niya
kay Jeter (kaniyang panganay na anak), "Bumangon ka at
patayin sila!" Pero ang binata ay hindi bumunot ng kaniyang
espada dahil takot siya, dahil siya ay bata pa lamang. **21**

Pagkatapos sinabi nina Zeba at Zalmunna, “Bumangon ka
at patayin kami! Dahil gaya ng kung ano ang isang lalaki,
ganoon din ang kaniyang lakas.” Bumangon si Gideon at
pinatay sina Zeba at Zalmuna. Kinuha din niya ang gasuklay
na hugis na mga palamuti, na nasa leeg ng kanilang mga
kamelyo. **22** Pagkatapos sinabi ng mga kalalakihan ng Israel
kay Gideon, “Pamunuan mo kami—ikaw, at iyong mga anak
na lalaki at iyong lalaking apo—dahil iniligtas mo kami mula
sa kapangyarihan ng Midian.” **23** Sinabi ni Gideon sa kanila,
“Hindi ako ang mamumuno sa inyo, ni ang aking anak na
lalaki, si Yahweh ang mamumuno sa inyo.” **24** Sinabi ni
Gideon sa kanila, “Hayaan mo akong gumawa ng isang
kahilingan sa inyo: ang bawat isa sa inyo ay magbibigay sa
akin ng mga hikaw mula sa kaniyang nakuha sa panloloob.”
(Ang mga Midianita ay may mga gintong hikaw dahil sila
ay mga Ishmaelita). **25** Sumagot sila, “Kami ay nagagalak
na ibigay ang mga iyon sa iyo.” Naglatag sila ng isang
balabal at bawat tao ay nagtapon doon ng mga hikaw mula
sa kaniyang nakuha sa panloloob. **26** Ang bigat ng mga
gintong hikaw na kaniyang hiningi ay 1, 700 siklo ng ginto.
Itong nakuha nila sa panloloob ay dagdag sa gasuklay na
hugis na mga palamuti, ang mga palawit, ang kulay ube na
kasuotan na sinusuot ng mga hari ng Midian at karagdagan
sa mga kadena na nakapalibot sa leeg ng kanilang mga
kamelyo. **27** Gumawa si Gideon ng efod mula sa mga hikaw
at inilagay ito sa kaniyang lungsod, sa Ofra at ipinagbili
ng buong Israel ang kanilang sarili sa pamamagitan ng
pagsamba nito roon. Ito'y naging bitag kay Gideon at para
sa mga nasa kaniyang bahay. **28** Kaya ang mga Midian ay
malupig sa harap ng mga taong Israel at hindi na nila muling
itinaas ang kanilang mga ulo. At ang lupain ay nagkaroon ng
kapayapaan sa loob ng apatnapung taon sa panahon ni
Gideon. **29** Si Jerub Baal, na anak na lalaki ni Joas ay umuwi
at nanirahan sa kaniyang sariling bahay. **30** Naging ama si
Gideon ng pitumpung anak na lalaki, dahil nagkaroon siya
ng maraming asawa. **31** Ang kaniyang iba pang asawa, na
nasa Shekem, ay nagsilang din sa kanya ng anak na lalaki
at binigyan niya ng pangalang Abimelec. **32** Si Gideon, na
anak na lalaki ni Joas, ay namatay sa mabuting katandaan
at inilibing sa Ofra sa kuweba ng ama ni Joas, ng angkan ni
Abiezer. **33** At nangyari na pagkamatay na pagkamatay ni
Gideon ang mga tao ng Israel ay tumalikod muli at ipinagbili
ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagsamba sa mga
Baal. Ginawa nilang diyos si Baal Berith. **34** Hindi naalala ng
mga tao ng Israel na parangalan si Yahweh na kanilang
Diyos na nagligtas sa kanila mula sa kapangyarihan ng
lahat ng kanilang mga kaaway sa bawat dako. **35** Hindi nila
tinupad ang kanilang pangako sa bahay ni Jerub Baal (ang
ibang pangalan ni Gideon), kapalit ng lahat ng kabutihan na
ginawa niya sa Israel.

**9** Nagpunta si Abimelec na anak ni Jerub Baal sa mga
kamag-anak ng kaniyang ina sa Shekem at sinabi niya
sa kanila at sa buong angkan ng pamilya ng kaniyang ina,
**2** “Pakiusap sabihin mo ito, para makarinig ang lahat ng
mga pinuno ng Shekem, 'Ano ang mas mabuti para sa inyo:
maghari sa inyo ang lahat ng pitumpung anak na lalaki ni
Jerub Baal, o isa lang ang maghari sa inyo?' Alalahaning
ako ay inyong buto at inyong laman.” **3** Nagsalita para
sa kaniya ang mga kamag-anak ng kaniyang ina sa mga
pinuno ng Shekem, at napagkasunduan nilang sundan si
Abimelec, dahil sinabi nila, “Kapatid natin siya.” **4** Binigyan
nila siya ng pitumpung piraso ng pilak mula sa bahay ni
Baal Berit, at ginamit ito ni Abimelec para kumuha ng mga
lalaking lumalabag sa batas at walang pag-iingat na asal, na
sumunod sa kaniya. **5** Pumunta siya sa bahay ng kaniyang
ama sa Ofra at sa isang bato pinatay niya ang pitumpung
kapatid niyang lalaki, mga anak na lalaki ni Jerub Baal.
Tanging si Jotam ang naiwan, ang pinakabatang anak na
lalaki ni Jerub Baal, dahil itinago niya ang kaniyang sarili.
**6** Nagsama-samang dumating lahat ng mga pinuno ng
Shekem at Betmilo at nagtungo sila at ginawang hari si
Abimelec, sa tabi ng kahoy na puno malapit sa haliging nasa
Shekem. **7** Nang sabihan si Jotam tungkol dito, pumunta
siya at tumayo sa tuktok ng Bundok Gerizim. Sumigaw
siya at sinabi sa kanila, “Makinig kayo sa akin, kayong
mga pinuno ng Shekem, para pakinggan kayo ng Diyos. **8**
Minsang lumabas ang mga puno para magpahid sa isang
hari sa ibabaw nila. At sinabi nila sa puno ng olibo, 'Maghari
ka sa amin.' **9** Pero sinabi ng puno ng olibo sa kanila,
'Dapat ko bang bitawan ang aking langis, na ginagamit para
parangalan ang mga diyos at sangkatauhan, para umalis
ako pabalik, para lang umuyog sa ibabaw ng ibang mga
puno?' **10** Sinabi ng mga puno sa puno ng igos, 'Halika at
maghari sa amin.' **11** Pero sinabi ng puno ng igos sa kanila,
'Dapat ko bang bitawan ang aking tamis at aking maayos na
bunga, para lang makabalik ako at umuyog sa ibabaw ng
ibang mga puno?' **12** Sinabi ng mga puno sa puno ng ubas,
'Halika at maghari sa amin.' **13** Sinabi ng puno ng ubas sa
kanila, 'Dapat ko bang bitawan ang aking bagong alak, na
nagpapaligaya sa mga diyos at sangkatauhan, at bumalik at
umuyog sa ibabaw ng ibang mga puno?' **14** Pagkatapos
sinabi ng lahat ng mga puno sa palumpong na tinik, 'Halika
at maghari sa amin.' **15** Sinabi ng palumpong na tinik sa
mga puno, 'Kung tunay na gusto ninyong pahiran ako bilang
hari sa inyo, sa gayon pumunta sa akin at maging ligtas sa
ilalim ng aking lilim. Kung hindi, hayaang lumabas ang apoy
sa palumpong na tinik at hayaan itong sumunog sa mga

sedar ng Lebanon.' 16 Kaya ngayon, kung kumilos kayo sa
katotohanan at katapatan, nang ninyong ginawang hari si
Abimelec, at kung nakagawa kayo ng mabuti tungkol kay
Jerub Baal at kaniyang bahay, at kung nagparusa kayo sa
kaniya ng karapat-dapat— 17 —at para isipin na lumaban
ang aking ama para sa inyo, ipinagsapalaran ang kaniyang
buhay, at iniligtas kayo mula sa kamay ng Midian— 18 pero
sa araw na ito nag-alsa kayo laban sa bahay ng aking ama
at pinatay ang kaniyang mga anak na lalaki, pitumpung tao,
sa ibabaw ng isang bato. At ginawa ninyo si Abimelec ang
lalaking anak ng kaniyang babaeng lingkod, na hari sa lahat
ng mga pinuno ng Shekem, dahil kamag-anak ninyo siya. 19
Kung kumilos kayo ng may katapatan at karangalan kay
Jerub Baal at sa kaniyang bahay, dapat kayong magalak kay
Abimelec, at hayaan siyang magalak din sa inyo. 20 Pero
kung hindi, hayaan na lumabas ang apoy mula kay Abimelec
at sunugin ang mga kalalakihan ng Shekem at bahay ng
Millo. Hayaang lumabas ang apoy mula sa mga kalalakihan
ng Shekem at Bet Millo, para sumunod kay Abimelec." 21
Tumakas si Jotam at tumakbo palayo, At nagtungo siya
sa Beer. Nanirahan siya doon dahil malayo iyon mula kay
Abimelec, na kaniyang kapatid. 22 Namuno si Abimelec sa
buong Israel sa loob ng tatlong taon. 23 Nagpadala ang
Diyos ng masamang espiritu sa pagitan ni Abimelec at mga
pinuno ng Shekem. Pinagtaksilan ng mga pinuno ng Sechem
ang tiwalang mayroon sila kay Abimelec. 24 Ginawa ito ng
Diyos para mapaghigantihan ang karahasan na nagawa
sa pitumpung anak na lalaki ni Jerub Baal, at si Abimelec
ang managot sa pagpatay sa kanila, at managot ang mga
kalalakihan ng Shekem dahil tinulungan nilang patayin ang
kaniyang mga kapatid na lalaki. 25 Kaya nagtalaga ang mga
pinuno ng Shekem ng mga kalalakihan na mag-aabang
sa mga tuktok ng mga burol para tambangan nila siya,
at ninakawan nila lahat ng dumaan sa kanila sa tabi ng
daan. Ibinalita ito kay Abimelec. 26 Dumating si Gaal anak
na lalaki ni Ebed kasama ng kaniyang mga kamag anak
at pumunta sila sa Shekem. Nagkaroon ng lakas ng loob
ang mga pinuno ng Shekem sa kaniya. 27 Lumabas sila
sa bukirin at nagtipon ng mga ubas mula sa mga ubasan,
at tumapak sa mga ito. Nagdaos sila ng pagdiriwang sa
bahay ng kanilang diyos, kung saan kumain sila at uminom,
at isinumpa nila si Abimelec. 28 Si Gaal anak ni Ebed
ay nagsabing, "Sino si Abimelec, at sino si Shekem, na
dapat natin siyang paglingkuran? hindi ba siya ang anak ni
Jerub Baal? At hindi ba opisyal niya si Zebul? Paglingkuran
ang mga kalalakihan ng Hamor, ama ng Shekem! Bakit
kailangan natin siyang paglingkuran? 29 Hiling kong ang
mga taong ito ay nasa ilalim ng aking kautusan! Pagkatapos
aalisin ko si Abimelec. Sasabihin ko kay Abimelec, 'Tawagin
mo ang lahat ng iyong mga hukbo.'" 30 Nang marinig ni
Zebul, opisyales ng lungsod, ang mga salita ni Gaal anak
ni Ebed ang kaniyang galit ay nag-alab. 31 Nagpadala
siya ng mga mensahero kay Abimelec para manlinlang, sa
pagsasabing, "Tingnan, parating sa Shekem si Gaal anak
ni Ebed at kaniyang mga kamag-anak, at pinupukaw ang
lungsod laban sa iyo. 32 Ngayon, tumayo ka sa gabi, ikaw at
ang mga sundalong kasama mo, at maghanda ng isang
pananambang sa mga bukirin. 33 Pagkatapos sa umaga,
sa sandaling sumikat ang araw, bumangon ng maaga at
maglunsad ng isang pagsalakay sa lungsod. At kapag siya at
ang mga taong kasama niya ay lumabas laban sa iyo, gawin
ang anumang bagay na magagawa mo sa kanila." 34 Kaya
tumayo si Abimelec sa gabi, siya at lahat ng kalalakihan na
kasama niya, at naglunsad sila ng pananambang laban sa
Shekem—hinati sa apat na pangkat. 35 Lumabas si Gaal
anak ni Ebed at tumayo sa pasukan ng tarangkahan ng
lungsod. Lumabas sa kanilang pinagtataguan sina Abimelec
at mga kalalakihang kasama niya. 36 Nang makita ni Gaal
ang mga kalalakihan, sinabi niya kay Zebul, "Tingnan,
bumababa ang mga kalalakihan mula sa tuktok ng mga
burol!" Sinabi ni Zebul sa kaniya, "Nakikita mo ang mga anino
sa mga burol na para bang sila ay mga lalaki." 37 Nagsalita
ulit si Gaal at sinabing, "Tingnan mo, bumababa ang mga
lalaki sa gitna ng lupain, at ang isang pangkat ay padating sa
daan ng kahoy ng mga manghuhula." 38 Pagkatapos sinabi
ni Zebul sa kaniya, "Nasaan na ang iyong mapagmalaking
mga salita ngayon, ikaw na nagsabing, 'Sino si Abimelec na
dapat namin paglingkuran?' Hindi ba ito ang mga lalaking
kinamumuhian mo? Lumabas ka ngayon at makipaglaban sa
kanila." 39 Lumabas si Gaal at pinangungunahan niya ang
mga lalaki ng Shekem, at nakipag-away siya kay Abimelec.
40 Hinabol siya ni Abimelec, at tumakas si Gaal sa kaniya.
At marami ang bumagsak sa pasukan ng tarangkahan ng
lungsod. 41 Nanatili si Abimelec sa Aruma. Pinilit ni Zebul si
Gaal at kaniyang mga kamag-anak palabas ng Shekem. 42
Sa sumunod na araw lumabas ang mga tao ng Shekem sa
kabukiran, at ibinalita ito kay Abimelec. 43 Dinala niya ang
kaniyang mga tao, inihanay sila sa tatlong mga pangkat,
at naglagay sila ng pananambang sa bukirin. Tumingin
siya at nakitang parating ang mga tao mula sa lungsod.
At sinalakay niya sila at pinatay sila. 44 Sumalakay sina
Abimelec at ang mga pangkat na kasama niya at hinarang
ang pasukan ng tarangkahan ng lungsod. Sumalakay ang
iba pang dalawang mga pangkat sa lahat ng nasa bukirin at
pinatay sila. 45 Lumaban si Abimelec sa lungsod sa buong
araw na iyon. Binihag ang lungsod, at pinatay ang mga
tao na naroon. Giniba niya ang mga pader ng lungsod at
nagkalat ng asin sa ibabaw nito. 46 Nang marinig ng lahat

ng mga pinuno ng tore ng Shekem iyon, pumasok sila sa
matibay na tanggulan ng bahay ng El Berit. 47 Sinabihan
si Abimelec na magkakasamang nagtipon ang lahat ng
mga pinuno sa tore ng Shekem. 48 Umakyat si Abimelec
sa Bundok ng Zalmon, siya at lahat ng lalaking kasama
niya. Kumuha si Abimelec ng palakol at pumutol ng mga
sanga. Inilagay niya ito sa kaniyang balikat at inutusan ang
mga lalaking kasama niya, “Kung ano ang nakita ninyong
ginagawa ko, bilisan at gawin gaya ng ginawa ko.” 49
Kaya nagputol ang bawat isa ng mga sanga at sinunod si
Abimelec. Pinagpatong-patong nila sa ibabaw ng pader ng
tore, at niliyaban nila ito, paramamatay din ang mga tao ng
tore ng Shekem, humigit-kumulang sa isang libong lalaki
at babae. 50 Pagkatapos nagtungo si Abimelec sa Tebez,
at nagkampo siya laban sa Tebez at binihag ito. 51 Pero
may matibay na tore sa lungsod, at lahat ng mga lalaki at
mga babae at lahat ng mga pinuno ng lungsod ay tumakas
papunta roon at ikinulong ang kanilang sarili. Pagkatapos
umakyat sila sa bubong ng tore. 52 Dumating si Abimelec sa
tore at nakipaglaban dito, at umakyat siya malapit sa pinto
ng tore para sunugin ito. 53 Pero isang babae ang naghulog
ng batong pang-giling sa ulo ni Abimelec at nabiyak nito ang
kaniyang bungo. 54 Pagkatapos madalian siyang tumawag
sa batang lalaking taga-dala ng kaniyang baluti, at sinabi
sa kaniya, “Ilabas mo ang iyong espada at patayin ako,
para walang magsalita tungkol sa akin na, 'Isang babae
ang pumatay sa kaniya.'” Kaya sinaksak siya ng kaniyang
batang lalaki, at namatay siya. 55 Nang makita ng mga
kalalakihan ng Israel na patay na si Abimelec, umuwi na sila.
56 At sa ganun napaghigantihan ng Diyos ang kasamaan ni
Abimelec na ginawa niya sa kaniyang ama sa pamamagitan
ng pagpatay sa kaniyang pitumpung kapatid na lalaki. 57
Ibinalik ng Diyos ang lahat ng kasamaan ng mga tao ng
Shekem sa kanilang sarili at dumating sa kanila ang sumpa
ni Jotam anak na lalaki ni Jerub Baal.

**10** Matapos kay Abimelec, si Tola na anak na lalaki ni Pua
na anak ni Dodo, isang tao na mula kay Issacar na
nakatira sa Samir, sa burol ng Efraim, ay tumayo para iligtas
ang Israel. 2 Pinamunuan niya ang Israel ng dalawampu't
tatlong taon. Namatay at inilibing siya sa Samir. 3 Sinundan
siya ni Jair ang Galaadita. Pinamunuan niya ang Israel ng
dalawamput-dalawang taon. 4 Nagkaroon siya ng tatlumpung
anak na lalaki na nakasakay sa tatlumpung asno at mayroon
silang tatlumpung lungsod, na tinatawag na Havot Jair
hanggang sa araw na ito, na nasa lupain ng Galaad. 5
Namatay si Jair at inilibing sa Kamon. 6 Dinagdagan ng
bayan ng Israel ang kasamaan na kanilang ginawa sa
harapan ni Yahweh at sinamba ang mga Baal, ang Astorot,
ang mga diyus-diyosan ng Aram, ang mga diyus-diyosan ng
Sidon, ang mga diyus-diyosan ng Moab, ang mga diyus-
diyosan ng bayan ng Amon at ang mga diyus-diyosan
ng mga Filisteo. Pinabayaan nila at hindi na sinamba si
Yahweh. 7 Si Yahweh ay nag-alab sa galit tungo sa Israel
at ibinigay sila sa mga Filisteo at sa mga Amonita, para
sila ay sakupin. 8 Dinurog at inapi nila ang bayan ng Israel
nang taong iyon at sa loob ng labingwalong taon inapi nila
ang bayan ng Israel na nasa ibayo ng Jordan sa lupain ng
mga Amoreo, na nasa Galaad. 9 At ang mga Amonita ay
tumawid sa Jordan para makipaglaban sa Juda, laban sa
Benjamin at laban sa sambahayan ni Efraim, kaya ang Israel
ay lubhang naglamhati. 10 Pagkatapos tumawag ang bayan
ng Israel kay Yahweh, sinabing, “Nagkasala kami laban sa
iyo, dahil iniwan namin ang aming Diyos at sinamba ang
mga Baal.” 11 Sinabi ni Yahweh sa bayan ng Israel, “Hindi
ko ba kayo iniligtas mula sa mga taga-Ehipto, ang mga
Amoreo, ang mga Amonita, ang mga Filisteo 12 at gayundin
mula sa mga Sidonia? Inapi kayo ng mga Amalekita at mga
Maonita; tumawag kayo sa akin, at iniligtas ko kayo mula sa
kanilang kapangyarihan. 13 Pero iniwan ninyo akong muli
at sumamba sa ibang mga diyus-diyosan. kaya, hindi ako
patuloy na magdadagdag sa mga panahon na iniligtas ko
kayo. 14 Humayo at tawagin ninyo ang ibang mga diyus-
diyosan na inyong sinamba. Hayaan silang magligtas sa
inyo kapag kayo ay nagkaroon ng gulo.” 15 Sinabi ng bayan
ng Israel kay Yahweh, “Nagkasala kami. Gawin sa amin
anuman ang mabuti para sa iyo. Tangi naming pakiusap,
iligtas mo kami sa araw na ito.” 16 Lumayo sila mula sa
mga dayuhang diyus-diyosan na pag-aari nila at sinamba si
Yahweh. At hindi na niya matiis ang paghihirap ng Israel. 17
Pagkatapos sama-samang nagtipon ang mga Amonita at
nagtayo ng kampo sa Galaad. Sama-samang dumating ang
mga Israelita at nagtayo ng kanilang kampo sa Mizpa. 18
Sinabi ng mga pinuno ng mga tao ng Galaad sa bawat isa,
“Sino ang taong magpapasimula ng pakikipaglaban sa mga
Amonita? Magiging pinuno siya sa lahat ng naninirahan sa
Galaad.”

**11** Ngayon si Jefta na taga-Galaad ay isang matapang
na mandirigma, pero siya ay lalaking anak ng isang
bayarang babae. Si Galaad ang kaniyang ama. 2 Nagsilang
din ang asawa ni Galaad ng iba pang mga lalaking anak.
Nang lumaki na ang mga lalaking anak ng kaniyang asawa,
pinilit nilang paalisin ng bahay si Jefta at sinabi sa kaniya,
“Wala kang mamanahin na anumang bagay mula sa aming
pamilya. Anak ka sa ibang babae.” 3 Kaya si Jefta ay umalis
mula sa kaniyang mga kapatid at namuhay sa lupain ng
Tob. Sumama kay Jefta ang mga lalaking lumalabag sa
batas at dumating sila at sumama sa kaniya. 4 Lumipas
ang mga araw, nakipagdigmaan ang mga tao sa Ammon

laban sa Israel. 5 Nang nakipagdigmaan ang mga tao sa
Ammon laban sa Israel, pumunta ang mga nakatatanda ng
Galaad kay Jefta para dalhin siya pabalik mula sa lupain ng
Tob. 6 Sinabi nila kay Jefta, “Sumama ka at maging aming
pinuno para lumaban sa mga tao ng Ammon.” 7 Sinabi ni
Jefta sa mga pinuno ng Galaad, “Kinasuklaman ninyo ako at
pinilit akong umalis sa bahay ng aking ama. Bakit ngayon
nandito kayo akin kapag nasa kaguluhan kayo?” 8 Sinabi ng
mga nakatatanda sa Galaad kay Jefta, “Iyan ang dahilan
kung bakit bumalik kam sa iyo ngayon; sumama ka sa
amin at labanan natin ang mga tao sa Ammon, at magiging
pinuno ka ng lahat na siyang nanirahan ng Galaad.” 9 Sinabi
ni Jefta sa mga nakatatanda ng Galaad, “Kung dadalhin
niyo ako muli ating lugar para makipaglaban sa mga tao
sa Ammon, at kung bibigyan tayo ng katagumpayan ni
Yahweh laban sa kanila, ako ang magiging pinuno ninyo.” 10
Sinabi ng mga nakatatanda ng Galaad kay Jefta, “Nawa'y si
Yahweh ang maging saksi sa pagitan natin kung hindi namin
gagawin kung ano ang aming sinabi!” 11 Kaya pumunta
si Jefta sa mga nakatatanda ng Galaad, at ginawa siya
ng mga tao na kanilang pinuno at kumander. Nang nasa
harapan siya ni Yahweh sa Mizpa, inulit ni Jefta ang lahat
ng kaniyang mga ipinangako. 12 Pagktapos nagpadala ng
mga mensahero si Jefta sa hari ng mga taga-Ammon, na
nagsasabing, “Ano itong alitan sa pagitan natin? Bakit kayo
ppunta at sapilitang kukunin ang aming lupain?” 13 Sumagot
ang hari ng mga taga-Ammon sa mga mensahero ni Jefta,
“Dahil, nang lumabas ang mga Israelita mula sa Ehipto,
kinuha nila ang aking lupain mula sa Arnon sa Jabbok,
hanggang sa Jordan. Ngayon ibalik ninyo ang mga lupaing
iyon ng mapayapa.” 14 Muling ipinadala ni Jefta ang mga
mensahero sa hari ng mga tao ng Amon, 15 at sinabi niya,
“Ito ang pinapasabi ni Jefta: Hindi kinuha ng mga Israelita
ang lupain ng Moab at ang lupain ng mga taga-Ammon, 16
pero, nang lumabas sila mula sa Ehipto, at nagpunta ang
mga Israelita sa ilang patungong Dagat Pula at sa Kadesh,
17 Nagpadala ang mga Israelita ng mga mensahero sa hari
ng Edom, na nagsasabing, 'Pakiusap pahintulatan kaming
tumawid sa inyong lupain,' pero hindi nakinig ang hari ng
Edom. Nagpadala rin sila ng mga mensahero sa hari ng
Moab, pero tumanggi siya. Kaya nanatili ang mga Israelita
sa Kades. 18 Pagkatapos pumunta sila sa ilang at lumayo
mula sa lupain ng Edom at sa lupain ng Moab, at nagpunta
sila sa silangang bahagi ng lupain ng Moab at nagkampo
sila sa kabilang bahagi ng Arnon. Pero hindi sila pumunta
sa teritoryo ng Moab, dahil ang arnon ay hangganan ng
Moab. 19 Nagpadala ng mga mensahero ang mga Israelita
sa Sihon, sa hari ng mga Amoreo, na namuno sa Hesbon;
sinabi sa kaniya ng Israel, 'Pakiusap, pahintulutan kaming
kaming tumawid sa inyong lupain papunta sa aming lugar.'
20 Pero hindi nagtiwala si Sihon sa Israel para tumawid
sa kanyang teritoryo. Kaya tinipon ni Sihon ang lahat ng
kanyang hukbo at pumunta sila sa Jahaz, at doon nakipag-
away sila laban sa Israel. 21 At si Yahweh, ang Diyos ng
Israel, ang nagbigay ng katagumapayan sa mga Israelita
laban kay Sihon at inilagay ang lahat ng kaniyang mga tao
sa ilalim ng kanilang pamumuno. Kaya kinuha ng Israel ang
buong lupain ng mga Amoreo, na nanirahan sa bansang
iyon. 22 Kinuha nila ang lahat ng bagay na nakapaloob sa
teritoryo ng mga Amoreo, mula sa Arnon patungong Jabbok,
at mula sa ilang hanggang sa Jordan. 23 Kaya pagkatapos
si Yahweh, ang Diyos ng Israel, ay pinaalis ang mga Amoreo
sa harapan sa kaniyang bayan ng Israel, at ngayon dapat ba
ninyong angkinin ang kanilang lupain? 24 Hindi ninyo kukunin
ang lupain ng Cemos, na ibinigay, na inyong diyos? Kaya
kung anumang lupain na ibinigay sa atin ni Yahweh, ating
kukunin. 25 Ngayon mas magaling ba kayo kaysa kay Balac
na anak na lalaki ni Zippor, na hari ng Moab? Naglakas-loob
ba siyang magkaroon ng pagtatalo sa Israel? Nagdeklara ba
siya ng digmaan laban sa kanila? 26 Habang nanirahan ang
mga Israelita ng tatlong daang taon sa Hesbon at sa mga
nayon nito, at sa Aroer at sa mga nayon nito, at sa buong
mga lungsod na kabilang sa mga ilog ng Arnon—bakit hindi
ninyo kinuha ang mga ito ng panahon na iyon? 27 Wala
akong ginawang mali sa inyo, pero gumagawa ka ng mali sa
akin sa pamamagitan ng pagsalakay sa akin. Si Yahweh,
ang hukom, ang magpapasya sa araw na ito sa pagitan
ngbayan ng Israel at sa bayan ng Ammon.” 28 Pero ang
hari ng mga tao ng Ammon ay tinalikuran ang babala na
ipinadala sa kaniya ni Jefta. 29 Pagkatapos dumating kay
Jefta ang Espiritu ni Yahweh, at dumaan siya sa Galaad
at Manases, at dumaan sa Mizpa ng Galaad, at mula sa
Mizpa ng Galaad kaniyang nadaanan ang mga tao ng
Ammon. 30 Gumawa si Jefta ng isang panata kay Yahweh at
sinabing, “Kung bibigyan mo ako ng tagumpay laban sa mga
tao ng Ammon, 31 at kung anuman ang lumabas sa mga
pintuan ng aking bahay para salubungin ako kapag bumalik
ako ng mapayapa mula sa bayan ng Ammon na pag-aari
ni Yahweh, at ihahandog ko ito bilang isang sinunog na
handog.” 32 Kaya dumaan si Jefta sa bayan ng Ammon para
makipaglaban sa kanila, at ibinigay sa kaniya ni Yahweh ang
tagumpay. 33 Sinalakay niya sila at nagdulot na maraming
mapatay mula sa Aroer ganoon din sa Minit—dalawampung
mga lungsod—at sa Abelqueramim. Kaya ang bayan ng
Ammon ay inilagay sa ilalim ng pamumuno ng bayan ng
Israel. 34 Dumating si Jefta sa kaniyang tahanan sa Mizpa, at
doon lumabas ang kaniyang anak na babae para salubungin
siya ng mga tamburin na mayroong kasamang sayaw. Siya

lamang ang nag-iisa niyang anak, at maliban sa kaniya wala
na siyang anak na lalaki ni anak na babae. **35** Nang makita
niya ang kaniyang anak na babae, pinunit niya ang kaniyang
mga damit at sinabi, “O! Aking anak! dinurog mo ako ng
kalungkutan, at naging isa ka sa magdudulot sa akin ng
sakit! Sapagkat gumawa ako ng isang panata kay Yahweh,
at hindi ko na mababawi ang aking panata.” **36** Sinabi niya
sa kaniya, “Aking ama, gumawa ka ng isang panata kay
Yahweh, gawin mo sa akin ang lahat ng iyong ipinangako,
dahil si Yahweh ang nagsagawa ng paghihiganti laban sa
iyong mga kaaway, ang mga Amoreo.” **37** Sinabi niya sa
kaniyang ama, “Hayaan ang pangakong ito na maitago
para sa akin. Iwan akobng mag-isa sa loob ng dalawang
buwan, para ako ay makaalis at bumababa sa mga burol
at magdalamhati sa aking pagkabirhen, ako at ang aking
mga kasamahan.” **38** Sinabi niya, “Umalis ka na.” Pinaalis
niya ang kaniyang anak na babae ng dalawang buwan. Siya
ay Iniwan niya, siya at ang kaniyang mga kasamahan, at
nagdalamhati sila sa kaniyang pagkabirhen sa burol. **39**
Pagkatapos ng dalawang buwan bumalik siya sa kaniyang
ama, na ginawa sa kaniya ang ayon sa panata na kaniyang
ginawa. Ngayon hindi siya kailanman sumiping sa isang
lalaki, at naging kaugalian ito ng Israel **40** na ang mga
babaeng anak ng Israel sa bawat taon, sa loob ng apat na
araw, ay ipapaulit ang kwento tungkol sa babaeng anak ni
Jefta na Galaadita.

**12** Isang panawagan ang lumabas para sa kalalakihan
ng Efraim; dumaan sila sa Zafon at sinabi kay Jefta,
“Bakit ka dadaan para makipaglaban sa mga tao ng Ammon
at hindi kami tinawag para sumama sa iyo? Susunugin
namin ang iyong bahay kasama ka.” **2** Sinabi ni Jefta sa
kanila, “Ako at ang aking mga tao ay nasa isang matinding
alitan sa mga tao ng Ammon. Nang tinawag ko kayo,
hindi ninyo ako iniligtas mula sa kanila. **3** Nang makita ko
na hindi ninyo ako iniligtas, inilagay ko ang aking buhay
sa aking sariling lakas at dumaan laban sa mga tao ng
Ammon, at binigyan ako ni Yahweh ng tagumpay. Bakit kayo
dumating para makipaglaban sa akin ngayon?” **4** Sama-
samang tinipon ni Jefta ang lahat ng kalalakihan ng Galaad
at nakipaglaban sa Efraim. Sinalakay ng kalalakihan ng
Galaad ang kalalakihan ng Efraim dahil sinabi nila, “Kayong
mga taga-Galaad ay mga pugante sa Efraim—sa Efraim at
Manases.” **5** Nabihag ng mga taga-Galaad ang mga tawiran
ng Jordan na patungong Efraim. Kapag sinabi ng sinumang
mga nakaligtas ng Efraim, “Hayaan mo akong tumawid sa
ibayo ng ilog,” sasabihin ng kalalakihan ng Galaad sa kaniya,
“Isa ka ba sa mga taga-Efraim?” Kung sinabi niyang, “Hindi,”
**6** Sa ganun sasabihin nila sa kaniya, “Sabihing: “Shibolet.” At
kung sinabi niyang “Sibolet” (dahil hindi niya mabigkas ang
salita ng tama), huhulihin at papatayin siya ng mga taga-
Galaad sa tawiran ng Jordan. Apatnapu't dalawang libong
taga-Efraim ang namatay sa panahong iyon. **7** Naglingkod si
Jefta bilang isang hukom sa buong Israel sa loob ng anim
na taon. Pagkatapos namatay si Jefta na taga-Galaad at
inilibing sa isa sa mga lungsod sa Galaad. **8** Pagkatapos
niya, naglingkod bilang isang hukom sa buong Israel si
Ibzan ng Bethlehem. **9** Nagkaroon siya ng tatlumpung anak
na lalaki. Pinamigay niya ang tatlumpung anak na babae
sa pag-aasawa, at nagdala siya ng tatlumpung anak na
babae ng ibang kalalakihan para sa kaniyang mga anak
na lalaki, mula sa labas. Naging hukom siya sa Israel sa
loob ng pitong taon. **10** Namatay si Ibzan at inilibing sa
Bethlehem. **11** Pagkatapos niya, naglingkod bilang hukom sa
buong Israel si Elon na taga-Zebullun. Naging hukom siya
sa Israel sa loob ng sampung taon. **12** Namatay si Elon ang
Zabulonita at inilibing sa Ayalon sa lupain ng Zabulun. **13**
Pagkatapos niya, naglingkod bilang isang hukom sa buong
Israel si Abdon na anak ni Hillel na taga-Piraton. **14** Mayroon
siyang apatnapung anak na lalaki at tatlumpung apong lalaki.
Sumakay sila sa pitumpung asno, at naging hukom siya sa
Israel sa loob ng walong taon. **15** Namatay si Abdon na
anak na lalaki ni Hillel na taga-Piraton at inilibing sa Piraton
sa lupain ng Efraim ang burol na bansa ng mga Amalekita.

**13** Muling gumawa ng kasamaan sa paningin ni Yahweh
ang bayan ng Israel, at pinahintulutan niya sila na
pamunuan ng mga Palestina sa loob ng apatnapung taon. **2**
Mayroong isang lalaki na mula sa Zora, sa pamilya ng mga
Danita, na ang pangalan ay Manoa. Walang kakayahang
magbuntis ang kaniyang asawa kaya hindi siya magkaanak.
**3** Nagpakita ang anghel ni Yahweh sa babae at sinabi sa
kaniya, “Tingnan mo ngayon, walang kang kakayahang
magbuntis, at hindi ka magkaanak, pero mabubuntis ka at
manganganak ng isang batang lalaki. **4** Ngayon maging
maingat, huwag uminom ng alak o matapang na inumin, at
huwag kakain ng anumang maruming pagkain na inihayag ng
batas na madumi. **5** Masdan, mabubuntis ka at manganganak
ng isang batang lalaki. Walang labaha ang gagamitin sa
kaniyang ulo, sapagkat magiging Nazareo ang bata na
inihandog para sa Diyos mula sa sinapupunan. Sisimulan
niyang iligtas ang Israel mula sa kamay ng mga Palestina.”
**6** Pagkatapos dumating ang babae at sinabi sa kaniyang
asawa. “Nagpakita sa akin ang isang tao ng Diyos, at
ang itsura ay katulad ng isang anghel ng Diyos, nagdulot
siya sa akin ng labis na takot. Hindi ko tinanong kung
saan siya galing, at hindi niya sinabi sa akin ang kaniyang
pangalan. **7** Sinabi niya sa akin, 'Masdan mo! Mabubuntis
ka, at manganganak ng isang batang lalaki. Kaya hindi
ka iinom ng alak o matapang na inumin, at huwag kakain

ng anumang pagkain na hinayag ng batas na marumi, dahil magiging isang Nazareo sa Diyos ang bata mula sa araw na nasa sinapupunan mo siya hanggang sa araw ng kaniyang kamatayan.'" **8** Pagkatapos nanalangin si Manoa kay Yahweh at sinabi, "O, Panginoon, pakiusap hayaan na muling bumalik ang tao ng Diyos para matuuruan niya kami kung ano ang aming gagawin para sa bata na ipapanganak sa madaling panahon." **9** Sumagot ang Diyos sa panalangin ni Manoa, at muling dumating sa babae ang anghel ng Diyos nang nakaupo siya sa bukid. Pero hindi niya kasama si Manoa na kaniyang asawa. **10** Kaya agad na tumakbo ang babae at sinabi sa kaniyang asawa, "Tingnan mo! Ang tao na nagpakita sa akin—ang nagpunta sa akin noong isang araw!" **11** Tumayo si Manoa at sumunod sa kaniyang asawa. Nang lumapit siya sa tao, sinabi niya, "Ikaw ba iyong tao na naka-usap ng aking asawa?" Sinabi ng tao, "Ako nga." **12** Kaya sinabi ni Manoa, "Ngayon nawa ang iyong salita ay magkatotoo. Pero ano ang alintuntun para sa bata, at ano ang kaniyang magiging tungkulin?" **13** Sinabi ng anghel ni Yahweh kay Manoa, dapat maingat niyang gawin ang lahat ng mga bagay na sinabi ko sa kaniya. **14** Huwag siyang kakain ng anumang bagay na nagmumula sa puno ng ubas, at huwag hayaang uminom ng alak o matapang na inumin; huwag siyang hayaang kumain ng anumang pagkain na hinayag ng batas na marumi. Dapat niyang sundin ang lahat ng bagay na sinabi kong gawin niya. **15** Sinabi ni Manoa sa anghel ni Yahweh, "Pakiusap manatili ka muna ng sandali, para bigyan kami ng panahon para maghanda ng isang batang kambing para sa iyo." **16** Sinabi ng anghel ni Yahweh kay Manoa, "Kahit na manatili ako, hindi ko kakainin ang iyong pagkain. Pero kung maghahanda ka ng isang handog na susunugin, ihandog ito kay Yahweh." (Hindi alam ni Manoa na siya ang anghel ni Yahweh.) **17** Sinabi ni Manoa sa anghel ni Yahweh, "Ano ang iyong pangalan, para maparangalan kita kapag nagkatotoo ang iyong mga salita?" **18** Sinabi ng anghel ni Yahweh sa kaniya, "Bakit mo tinatanong ang aking pangalan? Ito ay kahanga-hanga!" **19** Kaya kinuha ni Manoa ang batang kambing kasama ang handog na pagkaing butil at inihandog ang mga ito para kay Yahweh sa ibabaw ng bato. Gumawa siya ng isang bagay na kamangha-mangha habang nanunuod si Manoa at ang kaniyang asawa. **20** Nang magliyab na ang apoy mula sa altar patungong langit, umakyat ang anghel ni Yahweh sa nagliliyab na apoy ng altar. Nakita ito ni Manoa at ng kaniyang asawa at nagpatirapa sila sa lupa. **21** Hindi na muling nagpakita ang anghel ni Yahweh kay Manoa o sa kaniyang asawa. Pagkatapos malaman ni Manoa na siya ang anghel ni Yahweh. **22** Sinabi ni Manoa sa kaniyang asawa, "Tiyak na mamamatay tayo, dahil nakita natin ang Diyos!" **23** Pero sinabi sa kaniya ng kaniyang asawa, "Kung nais tayong patayin ni Yahweh, hindi niya tatanggapin ang ating sinunog na handog at handog na pagkaing butil na ibinigay natin sa kaniya. Hindi niya ipapakita sa atin ang lahat ng mga bagay na ito, ni sa panahong ito na hayaan niya tayong marinig ang ganoong mga bagay." **24** Dumating ang araw na nanganak ang babae sa isang batang lalaki, at tinawag siya sa pangalang Samson. Lumaki ang bata at pinagpala ni Yahweh. **25** Nagsimulang kumilos sa kaniya ang Espiritu ni Yahweh sa Mahane Dan, sa pagitan ng Zora at Estaol.

**14** Bumaba si Samson sa Timna, at doon nakita niya ang isang babae, isa sa mga dalagang babae ng mga Palestina. **2** Nang bumalik siya, sinabihan niya ang kaniyang ama at ina, "May nakita akong isang dalaga sa Timna, isa sa mga dalagang babae ng mga Filestia. Ngayon kunin ninyo siya para sa maging aking asawa." **3** Sinabi sa kaniya ng kaniyang ina at ama, "Wala na bang ibang mga babae na kabilang sa iyong mga kamag-anak, o kabilang sa ating mga tao? Kukuha ka ba ng isang asawa mula sa mga filisteo na hindi tuli?" Sinabi ni Samson sa kaniyang ama, "Kunin mo siya para sa akin, habang tinitignan ko siya, napapasaya niya ako." **4** Pero hindi alam ng kaniyang ama at ina na ang bagay na ito ay nagmula kay Yahweh, dahil ninais niyang magkaroon ng alitan ang mga Palestino (sapagkat sa panahon na iyon ang mga Palestino ang namumuno sa Israel). **5** Pagkatapos bumaba si Samson sa Timna kasama ang kaniyang ama at ina, at dumating sila sa ubasan malapit sa Timna. At mayroong isa sa mga batang leon ang dumating at umatungal sa kaniya. **6** Biglang pumaloob sa kaniya ang Espiritu ni Yahweh, at doon dinurog niya ang leon ng pira-piraso na kasing dali ng pagdurog sa isang maliit na kambing, at walang anumang bagay sa kaniyang kamay. Pero hindi niya sinabi sa kaniyang ama o sa kaniyang ina kung ano ang kanyang ginawa. **7** Pumunta siya at nakipag-usap sa babae, at nang tumingin siya sa kaniya, napahanga niya si Samson. **8** Lumipas ang mga araw, nang bumalik siya para pakasalan siya, lumiko siya ng daanan para tingnan ang patay na katawan ng leon, At mayroong isang kumpol ng mga pukyutan at pulot ang naiwan sa patay na katawan ng leon. **9** Tinipon niya ang pulot sa kaniyang mga kamay at umalis, kumakain siya habang naglalakad. Nang dumating siya sa kaniyang ama at ina, ibinigay niya sa kanila ang ilan sa mga ito, at kinain nila. Pero hindi niya sinabi sa kanila na kinuha niya ang pulot mula sa naiwang patay na katawan ng leon. **10** Bumaba ang ama ni Samson sa lugar kung saan nakatira ang babae, at nagbigay si Samson ng isang kapistahan doon, dahil kaugalian ito ng mga binatang kalalakihan. **11** Pagkakita ng

mga kamag-anak niya sa kaniya, nagdala sila sa kaniya ng
kanilang tatlumpung mga kaibigan para dumalo sa kaniya.
12 Sinabi ni Samson sa kanila, “Hayaan ninyo na magsabi
ako ng isang bugtong. Kung isa sa inyo ang makaalam
nito at sabihin sa akin ang sagot sa loob ng pitong araw
ng kapistahan, magbibigay ako ng tatlumpung mga linong
balabal at tatlumpung mga hanay ng mga damit. 13 Pero
kung hindi ninyo maibigay sa akin ang sagot, kung ganoon
kayo ang magbibigay sa akin ng tatlumpung linong balabal
at tatlumpung mga hanay ng mga damit.” Sinabi nila sa
kaniya, “Sabihin mo sa amin ang iyong bugtong, para aming
marinig ito.” 14 Sinabi niya sa kanila, “Mula sa kumakain
mayroong bagay na makakain; mula sa lakas mayroong
bagay na sobrang matamis.” Pero hindi natukoy ng kaniyang
mga panauhin ang sagot sa pangatlong araw. 15 Sa ika-
apat na araw sinabi nila sa asawa ni Samson, “Linlangin mo
ang iyong asawa para maibigay niya sa amin ang sagot sa
bugtong, o susunugin ka namin at ang bahay ng iyong ama.
Inimbita mo ba kami dito para gawin kaming mahirap? 16
Nagsimulang umiyak ang asawa ni Samson sa kaniyang
harapan; sinabi niya, “Lahat ng ginagawa mo ay galit sa
akin! Hindi mo ako mahal. Nagsabi ka ng bugtong sa ilan
kong mga kaibigan, pero hindi mo sinabi sa akin ang sagot.”
Sinabi ni Samson sa kaniya, “Tumingin ka sa akin, kung
hindi ko sinabi sa aking ama o sa aking ina, dapat ko bang
sabihin sa iyo?” 17 Umiyak siya sa loob ng pitong araw
hanggang sa natapos ang kanilang kapistahan. Sa ikapitong
araw sinabi niya sa kaniya ang sagot dahil pinilit niya siya
ng labis. Sinabi niya ang sagot sa mga kamag-anak ng
kaniyang bayan. 18 At sinabi sa kaniya ng mga kalalakihan
sa lungsod, sa ikapitong araw bago lumubog ang araw, “Ano
ang mas matamis kaysa sa pulot? Ano ang mas malakas
kaysa sa leon?” Sinabi ni Samson sa kanila, “Kung hindi
kayo nag-araro gamit ang aking dumalagang baka, hindi
sana ninyo malalaman ang sagot sa aking bugtong.” 19
Pagkatapos biglang pumaloob ang Espiritu ni Yahweh kay
Samson na may kapangyarihan. Bumaba si Samson sa
Ashkelon at pinatay niya ang tatlumpung lalaki na kabilang
sa mga tao roon. Sapilitang niyang kinuha ang kanilang mga
gamit, at ibinigay niya ang mga hanay ng kasuotan sa mga
nakasagot sa kaniyang bugtong. Matindi ang kaniyang galit
at umuwi siya sa bahay ng kaniyang ama. 20 At ibinigay ang
kaniyang asawa sa kaniyang matalik na kaibigan.

**15** Pagkatapos ng ilang mga araw, sa panahon ng pag-
aani ng trigo, kumuha si Samson ng isang batang
kambing at umalis para bisitahin ang kaniyang asawa.
Sinabi niya sa kaniyang sarili, “Pupunta ako sa kuwarto
ng aking asawa.” Pero hindi siya pinayagang pumasok ng
ama ng kaniyang asawa. 2 Sinabi ng ama ng kaniyang
asawa, “Akala ko galit ka sa kaniya, kaya ibinigay ko siya sa
kaibigan mo. Ang kaniyang nakababatang kapatid na babae
ay mas maganda kaysa sa kaniya, hindi ba? Siya nalang
ang kunin mo.” 3 Sinabi ni Samson sa kanila, sa oras na ito
hindi ako magkakasala patungkol sa mga Palestina kapag
sinaktan ko sila. 4 Kaya umalis si Samson at humuli ng
tatlong daang soro at kaniyang itinali ng sama-sama ang
bawat pares, buntot sa buntot. Pagkatapos kumuha siya ng
mga sulo at itinali niya ang mga ito sa gitna ng bawat pares
ng mga buntot. 5 Nang inihanda niyang sunugin ang mga
sulo, hinayaan niyang ang mga sorong magpuntahan sa
mga nakatayong butil ng mga Palestina, at sinimulan nilang
sunugin ang bawat nakasalansan na butil at ang mga butil
na nakatayo sa bukid, kasama ng mga ubasan at ang mga
halamanan ng olibo. 6 Tinanong ng mga Palestina, “Sino
ang gumawa nito?” Sinabi nila, “Si Samson, ang manugang
ng taga-Timna, ginawa niya ito dahil kinuha ng taga-Timna
ang asawa ni Samson at ibinigay siya sa kaniyang kaibigan.
Pagkatapos nagpunta ang mga Palestina at sinunog siya at
ang kaniyang ama. 7 Sinabi ni Samson sa kanila, “Kung ito
ang ginawa ninyo, maghihiganti ako laban sa inyo, at pag
nangyari na ito, hihinto na ako. 8 Pagkatapos hiniwa niya sila
ng pira-piraso, balakang at hita sa pamamagitan ng isang
matinding pagpatay. Pagkatapos bumaba siya at nanirahan
sa isang kuweba sa talampas ng Etam. 9 Pagkatapos
umakyat ang mga Palestina at naghanda sila para sa
pakikipaglaban sa Juda at nagtalaga ng kanilang mga hukbo
sa Lehi. 10 Sinabi ng mga kalalakihan ng Juda, “Bakit kayo
umakyat para salakayin kami?” Sinabi nila, “Sasalakay kami
para mabihag si Samson, at gawin sa kaniya ang ginawa
niya sa amin.” 11 Pagkatapos tatlong libong kalalakihan
ng Juda ang bumaba sa kuweba sa talampas ng Etam, at
sinabi nila kay Samson, “Hindi mo ba alam na ang mga
Palestina ay naghahari sa amin?” Ano itong ginawa mo sa
amin?” Sinabi ni Samson sa kanila, “Ginawa nila sa akin, ang
ginawa ko sa kanila.” 12 Sinabi nila kay Samson, “Bumaba
kami para talian ka at ipaubaya ka sa kapangyarihan ng mga
Palestina.” Sinabi ni Samson sa kanila, “Ipangako ninyo sa
akin na hindi ninyo ako papatayin.” 13 Sinabi nila sa kaniya,
“Hindi, tatalian ka lang namin sa pamamagitan ng mga lubid
at ibibigay sa kanila. Ipinapangako namin na hindi ka namin
papatayin.” Pagkatapos siya ay tinalian nila sa pamamagitan
ng dalawang bagong lubid at dinala paakyat mula sa bato.
14 Nang makarating siya sa Lehi, nagsisigawang papalapit
ang mga Palistana ng makita siya. Pagkatapos pumasok ang
Espiritu ni Yahweh sa kaniya ng may kapangyarihan. Ang
mga lubid na nasa kaniyang mga braso ay naging katulad ng
nasunog na lino at bumagsak ang mga ito sa kaniyang mga
kamay. 15 Nakakita si Samsom ng isang sariwang panga

ng isang asno, pinulot niya ito at pinatay ang isang libong
kalalakihan sa pamamagitan nito. 16 Sinabi ni Samson, “Sa
pamamagitan ng panga ng isang asno, mga tambak sa
ibabaw ng mga tambak, sa pamamagitan ng isang panga
ng asno pinatay ko ang isang libong kalalakihan.” 17 Nang
matapos magsalita si Samson, itinapon niya ang panga
ng asno at tinawag niya ang lugar na ito na Ramat-Lehi.
18 Uhaw na uhaw si Samson at tumawag kay Yahweh at
sinabing, “Ibinigay mo itong dakilang tagumpay sa iyong
lingkod, pero ngayon mamamatay ako sa pagka-uhaw at
babagsak sa mga kamay ng mga hindi tuli?” 19 At biniyak ng
Diyos ang hukay sa lugar iyon ng Lehi at lumabas ang tubig.
Pagkatapos niyang uminom, nanumbalik ang kaniyang lakas
at sumigla siya. Kaya tinawag niyang En Hakkore ang lugar
na iyon, at ito ay nasa Lehi sa araw na ito. 20 Hinukuman ni
Samson ang Israel sa mga panahon ng mga Palestina sa
loob ng dalawangpung taon.

**16** Pumunta si Samson sa Gaza at nakita siya doon ng
isang babaeng bayaran at sumama siya kasama ng
babae sa kama. 2 Sinabi sa mga taga-Gaza “nagpunta dito
si Samson.” Pinaligiran ng mga taga-Gaza ang lugar at
lihim na naghintay sila sa kaniya ng buong magdamag sa
tarangkahan ng lungsod. Wala silang gianwang pagkilos
nang gabing iyon. Sinabi nila, “Maghintay tayo hanggang
sa lumiwanag ang araw, at pagkatapos patayin natin siya.”
3 Nakahiga si Samson sa kama hanggang hatinggabi.
Nang hatinggabi tumayo siya at kaniyang hinawakan ang
tarangkahan ng lungsod at ang dalawang poste nito. Binunot
niya ang mga ito sa ilalim ng lupa, ang rehas at ang lahat,
inilagay niya ang mga ito sa kaniyang mga balikat, at dinala
ang mga ito paakyat sa itaas ng burol, sa harap ng Hebron.
4 Pagkatapos nito, napaibig si Samson sa isang babae na
naninirahan sa lambak ng Sorek. Ang kaniyang pangalan ay
Delilah. 5 Pinuntahan siya ng mga pinuno ng mga Palestina,
at sinabi sa kaniya, “Linlangin mo si Samson para makita
kung saan nanggagaling ang kaniyang matinding lakas at sa
anong paraan maaari natin siyang matatalo, para maaaring
natin siyang maigapos para alipustahin siya. Gawin ito, at
bawat isa sa amin ng ay bibigyan kayo ng 1, 100 piraso ng
pilak” 6 At sinabi ni Delilah kay Samson, “Pakiusap, sabihin
mo sa akin kung bakit napakalakas mo, at kung papaano
ka matatalian ng sinuman, para mapigilan ka?” 7 Sinabi ni
Samson sa kaniya, “Kung tatalian nila ako sa pamamagitan
ng pitong sariwang tali ng pana na hindi pa natutuyo, sa
gayon magiging mahina ako at magiging tulad ng sinumang
tao. 8 Pagkatapos nagdala ang mga pinuno ng Palestina kay
Delilah ng pitong sariwang tali ng pana na hindi pa natutuyo
at tinalian niya si Samson sa pamamagitan nito. 9 Ngayon
mayroong mga lalaking lihim niyang itinatago, namamalagi
sa sulok ng kaniyang kuwarto. Sinabi niya sa kaniya, “Ang
mga Palestina ay papunta sa iyo Samson!” Pero naputol niya
ang mga tali ng pana katulad ng isang sinulid ng estambre
kapag nadikit sa apoy. At hindi nila nalaman ang lihim ng
kaniyang lakas. 10 Pagkatapos sinabi ni Delilah kay Samson,
“Sa ganitong paraan mo ako nilinlang at nagsabi sa akin ng
mga kasinungalingan. Pakiusap, sabihin mo sa akin kung
papaano ka maaaring malupig.” 11 Sinabi niya sa kaniya,
“Kung tatalian nila ako sa pamamagitan ng mga bagong
lubid na hindi pa nagagamit sa trabaho, magiging mahina
ako at gaya ng sinumang tao.” 12 Kaya kumuha si Delilah ng
dalawang sariwang lubid at tinalian siya sa pamamagitan ng
mga ito, at sinabi sa kaniya, “Ang mga Palestina ay patungo
sa iyo, Samson!” Nakahiga ang mga lalaki na naghihintay sa
sulok ng kuwarto. pero natanggal ni Samson ang mga lubid
mula sa kaiyang mga braso na para lamang isang sinulid ang
mga ito. 13 Sinabi ni Delilah kay Samson, “Hanggang ngayon
nilinlang mo ako at nagsabi sa aking nga kasinungalingan.
Sabihin mo sa akin kung papaano ka malulupig.” Sinabi ni
Samson sa kaniya, “Kapag tinirintas mo ang pitong hibla
ng aking buhok sa isang tela na nasa isang panghabi, at
pagkatapos ipinulupot ito sa panghabi, magiging katulad ako
ng sinumang tao.” 14 Habang natutulog siya, pinag isa ang
pitong tirintas ng kaniyang buhok ni Delilah sa isang tela sa
loob ng panghabi at ipinulupot ito sa panghabi, at sinabi
sa kaniya, “Papunta sa iyo ang mga Palestina, Samson!”
Pero gumising siya mula sa pagkakatulog at kaniyang hinila
ang tela at ang aspile mula sa panghabi. 15 Sinabi niya sa
kaniya, “Papaano mo nasasabing, 'Mahal mo ako,' Hindi mo
nga ibinabahagi ang mga lihim mo sa akin? Hinamak mo
ako ng mga tatlong beses at hindi mo sinabi sa akin kung
papaano ka nagkaroon ng matinding lakas. 16 Araw-araw
pinipilit niya siya sa pamamagitan ng kaniyang mga salita, at
pinipilit niya siya nang lubusan na hiniling niyang siya ay
mamatay na. 17 Kaya sinabi ni Samson sa kaniya ang lahat
ng bagay at sinabi sa kaniya, “Hindi pa kailanman naaahitan
ng labaha ang buhok sa aking ulo dahil naging isang
Nazareo ako para sa Diyos mula sa sinapupunan ng aking
ina. Kung ang aking ulo ay aahitan, sa gayon mawawala
ang aking lakas, at magiging mahina ako tulad ng ibang tao.
18 Nang makita ni Delilah na nagsabi siya ng katotohanan
tungkol sa lahat ng bagay, ipinadala at pinatawag niya ang
mga pinuno ng mga Palestina, na nagsasabing, “Umakyat
kayong muli, dahil sinabi na niya ang lahat ng bagay sa
akin.” Pagkatapos umakyat ang mga pinuno ng Palestina
sa kaniya, dala-dala ang mga pilak na nasa kanilang mga
kamay. 19 Pinatulog niya siya sa kaniyang kandungan.
Tumawag siya ng isang lalaki para ahitin ang pitong tirintas
sa kaniyang ulo, at sinimulan niya para paamuhin siya, dahil

nawala ang kaniyang lakas. 20 Sinabi niya, “Patungo sa iyo
ang mga Palestina, Samson!” Gumising siya sa kaniyang
pagkakatulog at sinabi, “Makakawala ako gaya ng dati at
aalugin ang aking sarili na malaya. “Pero hindi niya alam na
iniwan na siya ni Yahweh. 21 Binihag siya ng mga Palestina
at tinanggal ang kaniyang mga mata. Dinala nila siya pababa
sa Gaza at tinalian siya ng mga tansong kadena. Ipinapaikot
niya ang gilingang nasa mga kulungang bahay. 22 Pero
nagsimulang tumubo ulit ang mga buhok sa kaniyang ulo
pagkatapos itong ahitan. 23 Nagtipon-tipon ang mga pinuno
ng Palestina para mag-alay ng dakilang handog para kay
Dagon na kanilang diyos, at para magsaya. Sinabi nila,
“Natalo ng ating diyos si Samson, ang ating kaaway at
inilagay siya sa ating pamamahala. 24 Nang makita siya ng
mga tao, pinuri nila ang kanilang diyos, dahil sinabi nila,
“Tinalo ng ating diyos ang ating kaaway at ibinigay siya sa
atin—ang maninira ng ating bansa, na pinatay ang marami
sa atin.” 25 Nang nagdiriwang sila, sinabi nila, “Ipatawag
si Samson, na maaari niya tayong patawanin.” Tinawag
nila si Samson mula sa kulungan at pinatawa niya sila.
Pinatayo nila siya sa gitna ng mga haligi. 26 Sinabi ni
Samson sa batang lalaki na nakahawak sa kaniyang kamay,
“Pahintulutan mo akong hawakan ang mga haligi kung saan
nakasandig ang gusali, ng sa gayon makakasandal ako
laban sa mga ito.” 27 Ngayon ang bahay ay punung-puno
ng mga lalaki at mga babae. Naroon ang lahat ng pinuno
ng mga Palestina. Sa itaas ng bubong humigit kumulang
na tatlong libong mga lalaki at mga babae, na nanunuod
habang sila ay inaaliw ni Samson. 28 Tinawag ni Samson
si Yahweh at sinabi, Panginoong Yahweh, isipin mo ako!
Pakiusap palakasin mo akong muli ngayon, O Diyos, para
makapaghiganti ako sa isang ihip sa Palestina sa pagkuha
nila sa aking dalawang mata.” 29 Hinawakan ni Samson ang
gitna ng dalawang haligi kung saan nakasandig ang gusali
at sumandal siya laban sa mga ito, isang haligi sa kaniyang
kanang kamay, at ang isa sa kaniyang kaliwang kamay. 30
Sinabi ni Samson, “Hayaan akong mamatay kasama ng mga
Palestina!” Itinulak niya sa pamamagitan ng kaniyang lakas,
at bumagsak ang gusali sa mga pinuno at ang mga tao na
nasa loob nito. Kaya ang mga tao na kaniyang napatay nang
namatay siya ay mas marami kumpara doon sa kaniyang
napatay sa panahon ng nabubuhay pa siya. 31 Pagkatapos
bumaba ang kaniyang mga kapatid at ang lahat na kasama
sa bahay ng kaniyang ama, at siya ay Kinuha nila, at dinala
siya pabalik at inilibing sa gitna ng Zora at Estaol, sa lugar
ng libingan ng Manao, na kaniyang ama. Humatol si Samson
sa Israel sa loob ng dalawangpung taon.

**17** May isang lalaki sa burol sa bansang Efraim, na ang
pangalan ay Mica. 2 Sinabi niya sa kaniyang ina “Ang
1, 100 mga pirasong pilak na kinuha mula sa iyo, narinig ko
ang tungkol sa sinabi mong isang sumpa, —tumingin dito!
Nasa akin ang pilak. Ninakaw ko ito.” Sinabi ng kaniyang
ina, “Pagpalain ka nawa ni Yahweh, aking anak!” 3 Binalik
niya ang 1, 100 pirasong pilak sa kaniyang ina at sinabi ng
kaniyang ina, “Ibinukod ko ang pilak na ito kay Yahweh, para
sa aking anak na lalaki para gumawa ng isang inukit na
anyo ng kahoy at isang hinulmang anyo ng metal. Kaya
ngayon, ibinabalik ko ito sa iyo.” 4 Nang ibinalik niya ang
pera sa kaniyang ina, kumuha ng dalawang daang pirasong
pilak ang kaniyang ina at ibinigay sa isang manggagawa ng
metal na nag-uukit ng anyo ng kahoy at isang hinulmang
anyo ng metal. Nakalagay ito sa bahay ni Mica. 5 Mayroong
mga diyus-diyosan ang lalaking si Mica sa kaniyang bahay
at gumawa siya ng isang epod at sambahayan ng diyus-
diyosan, at inihandog niya ang isa sa kaniyang mga anak
na lalaki para maging kaniyang pari. 6 Nang panahong
iyon walang hari sa Israel, at ginagawa ng bawat isa kung
ano ang sa paningin nila ay tama. 7 Ngayon may isang
binata sa Bethlehem ng Juda, sa pamilya ng Juda, na
isang Levita. Nanatili siya roon para tapusin ang kaniyang
mga tungkulin. 8 Iniwan ng binata ang Bethlehem sa Juda
para pumunta at maghanap ng lugar para matirahan. Sa
kaniyang paglalakbay, nagtungo siya sa bahay ni Mica sa
burol na bansang Efraim. 9 Sinabi ni Mica sa kaniya, “Saan
ka nanggaling?” Sinabi ng binata sa kaniya, “Ako ay isang
Levita ng Bethlehem sa Juda, at naglalakbay ako para
makahanap ng lugar na maaari kong matirahan.” 10 Sinabi
sa kaniya ni Mica, “Mamuhay kasama ko at maging isang
tagapayo at pari para sa akin. Bibigyan kita ng sampung
mga pirasong pilak sa bawat taon, isang magarang mga
kasuotan, at iyong pagkain.” Kaya nagtungo ang Levita sa
kaniyang tahanan. 11 Nakuntento ang Levita na manirahan
sa kaniya, at naging isa sa mga anak na lalaki ni Mica ang
binata. 12 Inilaan ni Mica ang Levita para sa banal na mga
tungkulin, at naging pari niya ang binata, at nanirahan siya
sa bahay ni Mica. 13 Pagkatapos sinabi ni Mica, “Ngayon
alam kong may gagawing maganda para sa akin si Yahweh,
dahil naging mga pari ko ang Levitang ito.”

**18** Sa panahong iyon walang hari sa Israel. Naghahanap
ang tribo ng mga kaapu-apuhan ni Dan ng isang
teritoryo para tirahan, hanggang sa araw na iyon hindi
sila nakatanggap ng anumang pamana mula sa mga lipi
ng Israel. 2 Ang bayan ng Dan ay nagpadala ng limang
kalalakihan mula sa kabuuang bilang ng kanilang lipi,
kalalakihan na bihasang mandirigma mula sa Zora at mula
sa Estaol, para manmanan ang lupain habang naglalakad,
at titingnan ito. Sinabi nila sa kanila, “Humayo at tingnan
ang lupain.” Nakarating sila sa burol na bansa ng Efraim,

hanggang sa bahay ni Mikias, at nagpalipas sila ng gabi
roon. 3 Nang malapit na sila sa bahay ni Mikias, nakilala
nila ang pananalita ng binatang Levita. Kaya huminto sila at
nagtanong sa kaniya, “Sino ang nagdala sa iyo dito? Ano
ang ginagawa mo sa lugar na ito? Bakit ka nandito?” 4 Sinabi
niya sa kanila, “Ito ang ginawa ni Mikias sa akin: Inupahan
niya ako para maging kaniyang pari.” 5 Sinabi nila sa kaniya,
“Pakiusap alamin ang payo ng Diyos, para malaman namin
kung magtatagumpay ba kami sa pupuntahang paglalakbay.
6 Ang sinabi ng pari sa kanila, “Umalis kayo nang payapa.
Papatnubayan kayo ni Yahweh sa landas na dapat ninyong
lakaran.” 7 Kaya umalis ang limang kalalakihan at nakarating
sa Lais, at nakita nila ang mga tao na naninirihan doon ng
ligtas—katulad din sa pamamaraan ng mga Sidoneo na
naninirahang matiwasay at ligtas. Wala ni isa ang siyang
sumakop sa kanila sa lupain, o gumulo sa kanila sa anumang
paraan. Nanirahan sila ng malayo mula sa mga Sidoneo, at
hindi sila nakipag-ugnayan kaninuman. 8 Bumalik sila sa
kanilang lipi sa Zora at Estaol. Tinanong sila ng kanilang
mga kamag-anak, “Ano ang inyong balita?” 9 Sinabi nila,
“Halina! salakayin natin sila! Nakita namin ang lupain at ito'y
napakabuti. Wala ba kayong ginagawa? Huwag bagalan ang
pagsalakay at pagsakop sa lupain. 10 Kapag pupunta kayo,
makakarating kayo sa mga taong nag-iisip na ligtas sila, at
malawak ang lupain! Ibinigay ito sa inyo ng Diyos— isang
lugar na hindi nagkukulang sa anumang bagay sa mundo.”
11 Anim na raang kalalakihan ng lipi ng Dan, mga armado ng
mga pandigmang sandata, na umalis mula sa Zora at Estaol.
12 Umakyat sila at nagkampo sa Kiriath Jearim, sa Juda. Ito
ang dahilan kung bakit tinawag ng mga tao ang lugar na
Mahaneh Dan hanggang sa araw na ito; nasa kanluran ito
ng Kiriath Jearim. 13 Umalis sila mula sa burol na bansa ng
Efraim at nakarating sa bahay ni Mikias. 14 Pagkatapos
ang limang kalalakihang nagmamanman sa bansa ng Lais
ay nagsabi sa kanilang kamag-anak, “Alam ba ninyo na sa
mga bahay na ito ay may isang epod, mga sambahayan
ng diyos, isang inukit na anyo, at isang hinulmang metal
na anyo? Magpasya na ngayon kung ano ang inyong
gagawin.” 15 Kaya bumalik sila roon at nakarating sa bahay
ng binatang Levita, sa bahay ni Mikias, at kanilang binati
siya. 16 Ngayon ang anim na raang Daneo, armado ng mga
sandatang pandigma, nakatayo sa pasukan ng tarangkahan.
17 Pumunta doon ang limang kalalakihan na nagmanman sa
lupain at kinuha nila ang inukit na anyo, ang epod, at ang
mga pansambahayang diyos, at ang hinulmang metal na
anyo, habang nakatayo ang pari sa bungad ng tarangkahan
kasama ang anim na raang armadong kalalakihan ng mga
sandatang pandigma. 18 Nang ang mga ito ay pumunta sa
bahay ni Mikias at kinuha ang inukit na anyo, ang epod, mga
pansambahayang diyos, at hinulmang metal na anyo, sinabi
ng pari sa kanila, “Ano ang ginagawa ninyo?” 19 Sinabi nila
sa kaniya, “Tumahimik kayo! Ilagay ang iyong kamay sa
iyong bibig at sumama sa amin, at maging ama at pari sa
amin. Mas mabuti ba sa iyo na maging pari sa bahay ng
isang lalaki, o maging pari para sa isang lipi at isang angkan
sa Israel?” 20 Nagalak ang puso ng pari. Kinuha niya ang
epod, mga sambahayan ng diyos at ang inukit na anyo,
at sumama sa mga tao. 21 Kaya tumalikod sila at umalis.
Nilagay nila ang maliit na mga bata sa kanilang harapan, pati
na rin ang mga baka at ang kanilang mga ari-arian. 22 Nang
malayo na sila mula sa bahay ni Mikias, ang mga kalalakihan
na nasa mga bahay na malapit sa bahay ni Mikias ay
magkasamang pinatawag, at inabutan nila ang mga Daneo.
23 Sumigaw sila sa mga Daneo, at tumalikod sila at sinabi
kay Mikias, “Bakit kayo magkasamang pinatawag?” 24 Sinabi
niya, “Ninakaw ninyo ang mga diyos na ginawa ko, kinuha
ninyo ang aking pari at aalis kayo. Ano pa ang maiiwan
sa akin? Bakit ninyo ako tinatanong, 'Ano ang gumugulo
sa iyo?'” 25 Sinabi ng mga tao ng Dan sa kaniya, “Hindi
mo kami dapat hayaang marinig ka naming magsabi ng
anumang bagay, o sasalakayin ka ng ilang galit na galit na
mga kalalakihan at ikaw at iyong pamilya ay mapapatay.” 26
Pagkatapos nagpatuloy ang mga tao ng Dan sa kanilang
pinaroroonan. Nang nakita ni Mikias na sila ay napakalakas
para sa kaniya, tumalikod siya at bumalik sa kaniyang bahay.
27 Kinuha ng bayan ng Dan kung ano ang ginawa ni Mikias,
kasama rin pati ang kaniyang pari, at nakarating sila sa Lais,
sa mga tao na siyang panatag at ligtas at pinatay nila sila
gamit ang espada at sinunog ang lungsod. 28 Wala ni isang
naligtas sa kanila dahil malayo pa ito mula sa Sidon, at hindi
sila nagkaroon ng pakikipag-ugnayan sa kaninuman. Nasa
lambak ito malapit sa Beth-Rehob. Ipinatayong muli ng mga
Daneo ang lungsod at nanirahan doon. 29 Pinangalanan
nila ang lungsod ng Dan, ang pangalan ni Dan na kanilang
ninuno, na siyang isa sa mga anak na lalaki ng Israel. Pero
ang dating pangalan ng lungsod ay Lais. 30 Inilagay ng
bayan ng Dan ang inukit na anyo para sa kanilang sarili.
At si Jonatan, anak ni Gersom, anak ni Moises, siya at
ang kaniyang mga anak na lalaki ay mga pari sa mga lipi
ng Daneo hanggang sa araw ng pagbihag sa lupain. 31
Kaya sinamba nila ang inukit na anyo na ginawa ni Mikias
hangga't ang bahay ng Diyos ay nasa Silo.

**19** Sa mga araw na iyon, nang walang hari sa Israel,
mayroong isang lalaki, isang Levita, na pansamantalang
naninirahan sa pinakamalayong bahagi ng burol na bansa
ng Efraim. Kumuha siya ng isang babae para sa kaniyang
sarili, isa pang asawa mula sa Bethlehem sa Juda. 2 Pero
ang isa pa niyang asawa ay taksil sa kaniya; iniwanan

siya at bumalik sa bahay ng kaniyang ama sa Bethlehem
ng Juda. Nanatili siya roon sa loob ng apat na buwan. **3**
Pagkatapos tumayo ang kaniyang asawa at pumunta sa
kaniya para hikayatin siyang bumalik. Kasama niya ang
kaniyang tagapaglingkod, at isang pares ng mga asno.
Dinala niya siya sa bahay ng kaniyang ama. **4** Nang nakita
siya ng ama ng babae, nagalak siya. Ang kaniyang biyenan,
ang ama ng babae, ay hinikayat siyang manatili sa loob ng
tatlong araw. Kumain sila at uminom, at nagpalipas sila ng
gabi roon. **5** Sa ika-apat na araw maaga silang bumangon at
naghanda siya para umalis, pero sinabihan ng ama ng babae
ang kaniyang manugang, "Palakasin mo ang iyong sarili
sa pamamagitan ng kaunting tinapay, pagkatapos maaari
kanang umalis." **6** Kaya ang dalawa sa kanila ay umupo para
kumain at uminom na magkasama. Pagkatapos sinabi ng
ama ng babae, "Pakiusap pumayag na magpalipas ng gabi at
magpakasaya." **7** Nang gumising ng maaga ang Levita para
umalis, hinimok siya ng ama ng dalagang babae na manatili,
kaya binago niya ang kaniyang binalak at muling nagpalipas
ng gabi roon. **8** Sa ika-limang araw gumising siya ng maaga
para umalis, pero sinabi ng ama ng babae, "Palakasin mo
ang iyong sarili, maghintay hanggang hapon." Kaya kumain
silang dalawa. **9** Nang ang Levita at ang kaniyang isa pang
asawa at ang kaniyang tagapaglingkod ay bumangon para
umalis, ang kaniyang biyenan, ang ama ng babae ay sinabi
sa kaniya, "Tingnan, malapit ng gumabi ngayon. Pakiusap
manatili kayo ng isa pang gabi, at magpakasaya. Maaari
kang gumising nang maaaga bukas at umuwi." **10** Pero
hindi na ninanais ng Levita na magpalipas pa ng gabi.
Bumangon siya at umalis. Pumunta siya patungong Jebus
(iyon ay Jerusalem). Mayroon siyang isang pares ng mga
sasakyang asno —at kasama niya ang kaniyang isa pang
asawa. **11** Nang malapit na sila sa Jebus, malapit nang
matapos ang araw, at sinabi ng tagapaglingkod sa kaniyang
amo, "Halina, lumihis tayo patungo sa lungsod ng Jebuseo
at magpalipas ng gabi roon." **12** Sinabi ng kaniyang amo
sa kaniya, "Hindi tayo lilihis patungo sa isang lugnsod ng
mga dayuhan na hindi kabilang sa bayan ng Israel. Pupunta
tayo sa Gabaa." **13** Sinabi ng Levita sa kaniyang binata,
"Halina, pumunta tayo sa isa sa mga ibang lugar na iyon, at
magpalipas ng gabi sa Gabaa o Rama." **14** Kaya nagpatuloy
sila, at lumubog ang araw habang papalapit sila sa Gabaa,
sa nasasakupan ng Benjamin. **15** Lumihis sila roon para
magpalipas ng gabi sa Gabaa. At pumasok siya at umupo sa
plasa ng lungsod, sapagka't walang isa mang nagpatuloy sa
kanila sa kaniyang bahay para sa gabi. **16** Pero pagkatapos
dumating ang isang matandang lalaki mula sa kaniyang
trabaho sa bukid ng gabing iyon. Siya ay mula sa burol na
bansa ng Efraim, at panandalian siyang nakatira sa Gabaa.
Pero ang mga kalalakihang naninirahan sa lugar na iyon ay
mga Benjamita. **17** Tumingin siya at nakita ang manlalakbay
sa plasa ng lungsod. Sinabi ng matandang lalaki, "Saan
ka pupunta? Saan ka nanggaling?" **18** Sinabi ng Levita
sa kaniya, "Kami ay naglalakbay mula sa Bethlehem sa
Juda patungo sa pinakamalayong bahagi ng burol na bansa
ng Efraim, na kung saan ako nagmula. Pumunta ako sa
Bethlehem sa Juda, at papunta ako sa bahay ni Yahweh,
pero wala ni isang magdadala sa akin sa kaniyang bahay.
**19** Mayroon kaming dayami at pakain para sa aming mga
asno, at mayroong tinapay at alak para sa akin at sa iyong
babaeng lingkod dito, at para sa binatang ito na kasama ng
iyong mga lingkod. Wala kaming kakulangan." **20** Binati sila
ng matandang lalaki, "Sumainyo ang kapayapaan! Ako ang
bahala sa lahat ng inyong mga pangangailangan. Huwag
lamang magpalipas ng gabi sa plasa." **21** Kaya dinala ng
lalaki ang Levita sa kaniyang bahay at nagbigay ng pakain
para sa mga asno. Hinugasan nila ang kanilang mga paa
at kumain at uminom. **22** Nagsasaya sila, nang ang mga
kalalakihan sa lungsod, masasamang lalaki, ay pinalibutan
ang bahay, hinahampas ang pinto. Nakipag-usap sila sa
matandang lalaki, ang amo ng bahay, at sinabing, "Palabasin
ang lalaking dumating sa iyong bahay, para makilala namin
siya." **23** Ang lalaki, ang amo ng bahay, lumabas at sinabi
sa kanila, "Huwag, mga kapatid ko, pakiusap huwag gawin
ang masamang bagay na ito! Sapagka't bisita sa aking
bahay ang lalaking ito, huwag gawin ang masamang bagay
na ito! **24** Tingnan ninyo, narito ang aking birheng anak
na babae at ang isa pang asawa. Hayaang ilabas ko sila
ngayon. Lapastanganin sila at gawin sa kanila ang anumang
nais ninyo. Pero huwag gumawa ng masamang bagay
sa lalaking ito!" **25** Pero ayaw makinig sa kaniya ng mga
kalalakihan, kaya kinuha ng lalaki ang kaniyang isa pang
asawa at inilabas siya sa kanila. Kinuha siya nila, ginahasa
siya, at inabuso siya nang buong magdamag, at hinayaan
nila siyang umalis ng madaling araw. **26** Sa madaling araw
dumating ang babae at bumagsak sa pinto ng bahay ng
lalaki kung saan naroon ang kaniyang amo, at nahiga siya
roon hanggang sa magliwanag. **27** Bumangon ang kaniyang
amo sa umaga at binuksan ang mga pinto ng bahay at
umalis papunta sa kainyang paroroonan. Nakikita niya ang
kaniyang isa pang asawa na nakahiga roon sa pintuan, na
ang mga kamay ay nasa bungad. **28** Sinabi ng Levita sa
kaniya, "Bumangon ka. Umalis na tayo." Pero walang sagot.
Isinakay niya siya sa asno at umalis ang lalaki para umuwi.
**29** Nang makarating ang Levita sa kaniyang bahay, kumuha
siya ng isang kutsilyo, at hinawakan niya ang kaniyang isa
pang asawa, at pinagputul-putol siya, biyas sa biyas, sa
labing dalawang piraso, at pinadala ang mga piraso sa lahat

ng dako ng Israel. 30 Sinabi ng lahat ng nakakita nito, “Hindi
pa nangyari ang bagay o nakita mula sa araw na lumabas
ang mga tao ng Israel mula sa lupain ng Ehipto hanggang sa
araw na ito. Isipin ang bagay na ito! Bigyan kami ng payo!
Sabihin sa amin kung ano ang gagawin!”

## 20

Pagkatapos lumabas ang lahat ng mga tao ng Israel
bilang iisang tao, mula Dan hanggang Beer-seba,
kasama rin ang lupain ng Galaad, at nagtipon sila ng
magkakasama sa harapan ni Yahweh sa Mizpa. 2 Ang
mga pinuno ng lahat ng mga tao, ng lahat ng mga lipi
ng Israel, kinuha ang kanilang mga lugar sa pagpupulong
ng mga tao ng Diyos—400, 000 kalalakihang naglalakad,
na nakahandang lumaban gamit ang espada. 3 Ngayon
narinig ng lipi ng Benjamin na umakyat ang bayan Israel sa
Mizpa. Sinabi ng mga tao ng Israel, “Sabihin sa amin kung
paano nangyari itong masamang bagay.” 4 Ang Levita, ang
asawang ng babaeng pinatay, ay sumagot, “Ako ay dumating
sa Gibea sa teritoryo na nabibilang kay Benjamin, ako at
aking isa pang asawa, para magpalipas ng gabi. 5 Nang
gabing iyon, nilusob ako ng mga pinuno ng Gidea, pinalibutan
ang bahay at tinangkang patayin ako. Sinunggaban at
ginahasa ang aking isa pang asawa, at siya ay namatay. 6
Kinuha ko ang aking isa pang asawa at pinagpira-piraso ang
kaniyang katawan, at ipinadala ang mga ito sa bawat rehiyon
na ipinamana sa Israel, dahil nakagawa sila ng kasamaan at
kalapastanganan sa Israel. 7 Ngayon, lahat kayong mga
Israelita, magsalita at ibigay ang inyong payo at pansin dito!”
8 Tumayo ng magkakasama ang lahat ng mga tao bilang
isa, at sinabi nila, “Wala sa atin ang pupunta sa kaniyang
tolda at wala sa atin ang babalik sa kaniyang bahay! 9 Pero
ngayon ito ang dapat nating gawin sa Gibea: sasalakayin
natin ito alinsunod sa makuha sa ating palabunutan. 10
Kukuha tayo ng sampung kalalakihan ng isang daan sa
buong mga lipi ng Israel, at isang daan ng isang libo, at
isang libo ng sampung libo, para kumuha ng panustos para
sa mga taong ito, para kapag dumating sila ng Gibea sa
Benjamin, maaari nila silang parusahan dahil sa kasamaan
na nagawa nila sa Israel.” 11 Kaya lahat ng mga sundalo
ng Israel ay nagtipon laban sa lungsod, nagkaisa nang
may isang layunin. 12 Nagpadala ng kalalakihan ang mga
lipi ng Israel sa buong lipi ng Benjamin, sa pagsasabing,
“Ano itong kasamaan na nagawa ninyo? 13 Kaya, ibigay sa
amin ang masamang kalalakihan ng Gibea, para maaari
namin silang patayin, at para ganap naming matatanggal
itong kasamaan mula sa Israel. Pero ang mga Benjamita ay
hindi nakikinig sa tinig ng kanilang mga kapatid, ang mga
tao ng Israel. 14 Pagkataos dumating ng magkakasama
ang mga tao ng Benjamin mula sa mga lungsod patungong
Gibea para maghandang sa pakikipaglaban sa mga tao ng
Israel. 15 Sama-samang dinala ang mga tao ni Benjamin
mula sa kanilang mga lungsod para lumaban sa araw na
iyon na 26, 000 sundalo ang tinuruang lumaban gamit ang
espada; karagdagan sa bilang na iyon ay pitong daan ng
kanilang piniling kalalakihan na mula sa mga naninirahan
ng Gibea. 16 Kabilang sa lahat ng mga sundalo ay pitong
daang piniling kalalakihan na mga kaliwete. Bawat isa sa
kanila ay kayang tumirador ng isang bato sa isang hibla ng
buhok at hindi papalya. 17 Ang mga sundalo ng Israel, hindi
kasama ang bilang mula kay Benjamin, umabot sa 400, 000
kalalakihan, na tinuruang lumaban gamit ang espada. Ang
lahat sa kanila ay mga lalaking mandirigma. 18 Bumangon
ang bayan ng Israel, pumunta ng Bethel, at humingi ng payo
mula sa Diyos. Hiniling nila, “Sino ang unang sasalakay sa
mga tao ng Benjamin para sa amin?” Sinabi ni Yahweh,
“Unang sasalakay ang Juda.” 19 Bumabangon ang bayan
ng Israel sa umaga at, nakaharap sa Gibea, naghanda sila
para sa labanan. 20 Lumabas ang bayan ng Israel para
lumaban sa pangkat ng Benjamin. Inihanay nila ang kanilang
pwestong pandigma laban sa kanila sa Gibea. 21 Lumabas
ang mga tao ng Benjamin mula sa Gibea, at nakapatay sila
ng dalawampu't dalawang libong kalalakihan nag hukbo ng
Israel sa araw na iyon. 22 Pero pinatatag ng bayan ng Israel
ang kanilang mga sarili, at binuo nila ang hanay pangdigma
sa parehong lugar kung saan sila nakahany nang unang
araw. 23 At umakyat ang bayan ng Israel at sila ay umiyak sa
harap ni Yahweh hanggang gabi. At humingi sila ng gabay
mula kay Yahweh: “Dapat ba kaming bumalik muli para
lumaban sa aming mga kapatid, ang mga tao ng Banjamin?”
At sinabi ni Yahweh, “Lusubin sila!” 24 Kaya pumunta ang
bayan ng Israel laban sa mga sundalo ng Benjamin sa
pangalawang araw. 25 Sa panagalawang araw, lumabas
ang Benjamin laban sa kanila mula Gibea at pinatay nila
ang 18, 000 kalalakihan mula sa bayan ng Israel. Lahat ay
kalalakihan na tinuruang lumaban gamit ang espada. 26
Pagkatapos ang lahat mga sundalo ng Israel at lahat ng mga
tao ay pumunta ng Bethel at umiyak, at doon sila ay umupo
sa harapan ni Yahweh at sila ay nag-ayuno sa araw na iyon
hanggang gabi at nag handog ng mga handog na susunugin
at mga handog pangkapayapaan sa harapan ni Yahweh. 27
Tinanong ng bayana ng Israel si Yahweh—dahil ang kaban
ng tipan ng Diyos ay naroon sa mga araw na iyon, 28 at
si Finehas, anak na lalaki ni Eleazar na anak na lalaki ni
Aaron, ay naglilingkod sa harapan ng kaban sa mga araw na
iyon—”Dapat ba tayong lumabas para muling makipagdigma
laban sa mga tao ng Benjamin, ating mga kapatid, o tumigil?”
Sinabi ni Yahweh, “Lusubin, dahil bukas tutulungan ko
kayong talunin sila.” 29 Kaya nagtalaga ang mga Israelita ng
kalalakihan sa mga lihim na mga lugar sa palibot ng Gibea.

30 Nakipaglaban ang bayan ng Israel laban sa mga tao ng
Benjamin sa pangatlong araw, at binuo nila ang kanilang
hanay na pangdigma laban sa Gibea gaya ng nakaraan
nilang ginawa. 31 Pumunta ang mga tao ng Benjamin at
nakipaglaban laban sa mga tao, at napalayo sila mula sa
lungsod. Nagsimula na silang pumatay ng ilan sa mga tao.
May halos tatlumpong kalalakihan ng Israel ang namatay sa
mga bukid at sa mga daan. Isa sa mga daan ay papunta ng
Bethel, ang iba ay papunta ng Gibea. 32 Pagkatapos sinabi
ng mga tao ng Benjamin, “Sila ay natalo at sila ay tumatakbo
palayo mula sa atin, gaya ng nauna.” Pero sinabi ng mga
sundalo ng Israel, “Tayo ay tumakbo pabalik at ilayo sila
mula sa lungsod papunta sa mga daan.” 33 Bumangon ang
lahat ng mga tao ng Israel mula sa kanilang mga lugar at
binuo ang kanilang mga sarili sa hanay para makipagdimaan
sa Baal Tamar. Pagkatapos ang mga sundalo ng Israel
na nagtatago sa mga lihim na mga lugar ay lumabas sa
kanilang mga lugar mula sa Maare Gibea. 34 Doon lumabas
laban sa Gibea ang sampung libong napiling kalalakihan
na mula sa buong Israel, at ang labanan ay napakatindi,
pero hindi alam ng mga Benjamita na ang kapahamakan
ay malapit sa kanila. 35 Tinalo ni Yahweh ang Benjaminita
sa harap ng Israel. Sa araw na iyon, nakapatay ang mga
sundalo ng Israel ng 25, 100 kalalakihan ng Benjamin. Lahat
ng kanilang napatay ay mga tinuruang lumaban gamit ang
espada. 36 Kaya nakita ng mga sundalo ng Benjamin na sila
ay natalo. Nagbigay ang kalalakihan ng Israel ng lupa sa
Benjamin, dahil umasa sila sa kalalakihan na inilagay nila sa
mga lihim na pwesto sa labas ng Gibea. 37 Pagkatapos
ang kalalakihan na nagtatago ay bumangon at nagmadali at
sinugod nila ang Gibea, at gamit ang kanilang mga espada
pinatay nila ang lahat ng mga naninirahan sa lungsod.
38 Ang inayos na hudyat sa pagitan ng mga sundalo ng
Israel at kalalakihan na nagtatago ng palihim ay ang isang
malaking ulap ng usok na tataas mula sa lungsod— 39 —at
maaaring aatras ang mga sundalo ng Israel sa labanan
malayo mula sa laban. Ngayon nagsimula ng lumusob ang
Benjamin at pinatay nila ang halos tatlumpung kalalakihan
ng Israel, at sinabi nila, “Sigurado ito na matatalo natin
sila sa harapan natin, gaya ng naunang labanan.” 40 Pero
nang magsimula na ang haligi ng usok na tumaas mula sa
lungsod, bumalik ang mga Benjamita at nakita ang usok
na tumataas sa himpapawid mula sa buong lungsod. 41
Pagkatapos bumalik ang bayan ng Israel laban sa kanila.
Natakot ang kalalakihan ng Benjamin, dahil nakita nila ang
kapahamakan ay dumating sa kanila. 42 Kaya lumayo sila
mula sa mga tao ng Israel, tumakas sa daan papuntang
ilang. Pero naabutan sila ng labanan. Lumabas ang mga
sundalo ng Israel mula sa lungsod at pinatay sila kung saan
sila nakatayo. 43 Pinalibutan nila ang mga Benjaminita at
nilusob nila; At kanilang niyurakan sila sa Nohah, at pinatay
sila papuntang silangang bahagi ng Gibea. 44 Mula sa
lipi ng Benjamin, 18, 000 sunadol tao ang namatay, lahat
sila ay kalalakihan na tanyag sa labanan. 45 Bumalik sila
at tumakas patungo sa ilang papunta sa bato ng Rimon.
Pinatay ng mga Israelita ang karagdagang limang libo sa
kanila sa gilid ng mga daan. Patuloy silang sumunod sa
kanila, sinusundan sila ng malapitan hanggang Gidom, at
doon pinatay nila ang karagdagang dalawang libo. 46 Ang
lahat ng mga sundalo ng Benjamin na pinatumba sa araw
na iyon ay 25, 000—kalalakihan na tinuruan para lumaban
gamit ang espada; lahat sila ay tanyag sa labanan. 47 Pero
anim na daang sundalo ang umatras at tumakas papunta sa
ilang, sa dako ng bato ng Rimon. At nanatili sila sa bato ng
Rimmon sa loob ng apat na buwan. 48 Bumalik ang mga
sundalo ng Israel laban sa mga tao ng Benjamin at inatake
at pinatay sila—ang buong lungsod, ang mga baka, at lahat
ng mga bagay na kanilang makikita. Sinunog din nila ang
bawat bayan sa kanilang madaanan.

21 Ngayon gumawa ng isang pangako ang mga
kalalakihan ng Israel sa Mizpa, “Wala sa amin ang
magbibigay ng kaniyang anak na babae para ipakasal sa
isang Benjaminita.” 2 Pagkatapos nagpunta ang mga tao
sa Bethel at umupo sa harapan ng Diyos hanggang gabi,
at labis silang umiyak na may malakas na tinig. 3 Sinigaw
nila, “Bakit, nangyari ito sa Israel, Yahweh, Diyos ng Israel,
dapat bang mawala ang isa sa aming mga lipi sa araw na
ito?” 4 Nagising ng maaga ang mga tao nang sumunod
araw at nagtayo ng isang altar doon at naghandog ng
susunuging alay at mga handog ng pangkapayapaan. 5
Sinabi ng mga tao ng Israel, “Alin sa lahat ng lipi ng Israel
ang hindi dumalo sa pagpupulong para kay Yahweh?” Dahil
gumawa sila ng isang mahalagang pangako tungkol sa
sinumang hindi nagpakita kay Yahweh sa Mizpa. Sinabi
nila, “Tiyak na ipapapatay siya.” 6 May malasakit ang mga
tao ng Israel sa kapatid nilang si Benjamita. Sinabi nila,
“Ngayong araw isang lipi ang ititiwalag mula sa Israel. 7
Sino ang magbibigay ng mga asawang babae para sa mga
naiwan, dahil mayroon tayong ginawang isang pangako kay
Yahweh na hindi natin hahayaan ang sinuman sa kanila na
maipakasal sa ating mga anak na babae?” 8 Sinabi nila,
“Alin sa mga lipi ng Israel ang hindi nagpakita kay Yahweh
sa Mizpa?” Nakitang wala ni isa ang pumunta sa kapulungan
mula sa Jabes Galaad. 9 Dahil nang binilang ng mga tao
sa isang maayos na paraan, masdan ninyo, wala sa mga
naninirahan sa Jabes Galaad ang naroon. 10 Nagpadala ang
kapulungan ng 12, 000 sa kanilang pinakamatatapang na
tauhan at inutusang magtungo sa Jabes Galaad at salakayin

at patayin sila, kahit ang mga kababaihan at mga bata. 11
“Gawin ito: Dapat ninyong patayin ang bawat lalaki at bawat
babaeng nakipagsiping sa isang lalaki.” 12 Nakita ng mga
kalalakihan ang apat na daang kababaihan na naninirahan
sa Jabes Galaad na hindi pa nasipingan ng isang lalaki, at
dinala sila sa kampo ng Silo, sa Canaan. 13 Nagpadala ng
isang mensahe ang buong kapulungan at sinabi sa mga tao
ng Benjamin na naroon sa bato ng Rimon na sila ay nag-
handog ng kapayapaan. 14 Kaya bumalik ang Benjaminita
sa panahon na iyon at binigyan sila ng kababaihan sa
Jabesh Gilead. Dahil hindi sapat ang kababaihan para sa
kanilang lahat. 15 Nalungkot ang mga tao sa nangyari kay
Benjamin, dahil gumawa si Yahweh ng isang pagkakahati-
hati sa pagitan ng mga lipi ng Israel. 16 Pagkatapos sinabi
ng mga namumuno ng kapulungan, “Paano natin aayusin
ang mga asawang babae para sa mga Benjamita na naiwan,
simula nang pinatay ang mga kababaihan ni Benjamin?” 17
Sinabi nila,” Dapat na mayroong isang pamana para sa mga
nakaligtas na Benjaminta, para hindi mawasak ang isang
lipi mula sa Israel. 18 Hindi namin sila mabibigyan ng mga
asawa mula sa aming mga anak na babae. Dahil gumawa
ng isang pangako ang tao ng Israel, 'Sumpain ang sinumang
magbigay ng asawa sa lipi ng Benjamin.'" 19 Kaya sinabi
nila, “Alam ninyong may isang pista para kay Yahweh sa
bawat taon sa Silo (na nasa hilaga ng Betel, silangan ng
daan na nagdudugtong mula sa Betel hanggang Sechem,
at timog ng Lebona).” 20 Binigyan nila ng tagubilin mga
kalalakihan ni Benjamin, sinasabing, “Humayo at magtago
ng palihim at maghintay sa mga ubasan. 21 Bantayan ang
pagkakataon kapag lumabas na ang mga kababahan para
sumayaw mula sa Silo, magmadaling pumunta sa mga
ubasan at dapat na kumuha ng isang asawa mula sa mga
kababahan ng Silo ang bawat isa sa inyo, pagkatapos
bumalik sa lupain ng Benjamin. 22 Kapag pumunta ang
kanilang mga ama o kanilang mga kapatid na lalaki para
tumutol sa amin, sasabihin namin sa kanila, 'Bigyan ninyo
kami ng pabor! Hayaan silang manatili sa amin dahil hindi
kami nakakuha ng mga asawa sa panahon ng digmaan. At
wala kayong kasalanan hinggil sa isang pangako, dahil hindi
ninyo ibinigay sakanila ang inyong mga anak na babae.'"
23 Iyon nga ang ginawa ng mga tao ni Benjamin, kinuha
nila ang bilang ng mga asawang kinakailangan nila mula sa
mga kababaihan na sumasayaw, at sila ay dinala nila palayo
para maging kanilang mga asawa. Sila ay umalis at bumalik
sa lugar na kanilang minana; muli nilang itinayo ang mga
bayan, at doon sila namuhay. 24 Pagkatapos iniwan ng mga
tao ng Israel ang lugar at umuwi, bawat isa sa kaniyang
sariling lipi at angkan, at bawat isa sa kaniyang sariling
mana. 25 Sa mga panahon na iyon walang hari sa Israel.
Ginawa ng bawat isa kung ano ang tama sa kanilang sariling
mga paningin.

# Ruth

1 Nangyari ito noong mga araw nang ang mga hukom ay
namahala na nagkaroon ng taggutom doon, at isang
tiyak na lalaki ng Bethlehem ng Juda ang pumunta sa
bansa ng Moab kasama ang kaniyang asawa at kaniyang
dalawang anak na lalaki. 2 Elimelek ang pangalan ng
lalaki at Naomi ang pangalan ng kaniyang asawa. Ang
pangalan ng kaniyang dalawang anak na lalaki ay sina
Mahlon at Quelion, na mga Efrateo na taga-Bethlehem-
Juda. Nakarating sila sa bansa ng Moab at nanirahan doon.
3 Pagkatapos namatay si Elimelek na asawa ni Naomi,
at naiwan siyang kasama ng kaniyang dalawang anak na
lalaki. 4 Itong mga anak na lalaki ay kumuha ng mga asawa
mula sa mga kababaihan ng Moab; ang pangalan ng isa ay
Orpa at ang pangalan ng isa pa ay Ruth. Nanirahan sila
roon nang halos sampung taon. 5 Pagkatapos parehong
namatay sina Mahlon at Quelion, kaya naiwan si Naomi
wala ang kaniyang asawa at wala ang kaniyang dalawang
anak. 6 Pagkatapos nagpasya si Naomi na umalis ng
Moab kasama ang kaniyang mga manugang at bumalik sa
Juda dahil narinig niya sa rehiyon ng Maob na tinulungan
ni Yahweh ang kaniyang bayan na nangangailangan at
binigyan sila ng pagkain. 7 Kaya umalis siya sa lugar kung
saan siya naroon kasama ang kaniyang mga manugang na
babae at naglakad sila pababa sa daan para bumalik sa
lupain ng Juda. 8 Sinabi ni Naomi sa kaniyang dalawang
manugang na babae, “Lumakad, bumalik, kayo bawat isa sa
inyo, sa bahay ng inyong ina. Nawa ipakita ni Yahweh ang
kabaitan sa inyo, tulad ng pagpapakita ninyo ng katapatan
sa namatay at sa akin. 9 Nawa idulot sa inyo ng Panginoon
ang pahinga, bawat isa sa inyo sa bahay ng panibagong
asawa.” Pagkatapos hinalikan niya sila at nagtaas sila ng
mga boses at umiyak. 10 Sinabi nila sa kaniya, “Hindi!
Babalik kami kasama mo sa iyong lahi.” 11 Pero sinabi ni
Naomi, “Bumalik kayo, aking mga anak! Bakit kayo sasama
sa akin? May mga anak pa ba ako sa aking sinapupunan
para sa inyo, para maging asawa ninyo? 12 Bumalik kayo,
aking mga anak, lumakad sa sarili ninyong landas dahil ako
ay napakatanda na para magkaroon ng asawa. Kung sabihin
ko, “Umaasa akong makakuha ako ng asawa ngayong
gabi,' at pagkatapos magsilang ng mga anak na lalaki, 13
kung gayon maghihintay pa ba kayo hanggang lumaki sila?
Maghihintay pa ba kayo at hindi magpapakasal sa mga lalaki
ngayon? Huwag, mga anak ko! Ito ay higit na magpapahirap
sa akin kaysa magpapahirap sa inyo, dahil bumaling laban
sa akin ang kamay ni Yahweh. 14 Pagkatapos ang kaniyang
mga manugang ay nagtaas ng kanilang mga boses at muling
umiyak. Hinalikan ni Orpah ang kaniyang biyenan nang
may pamamaalam, pero si Ruth ay nanatili sa kaniya. 15
Sinabi ni Naomi, “Makinig ka, ang hipag mo ay bumalik na
sa kaniyang bayan at sa kaniyang mga diyos! Bumalik ka
kasama ang iyong hipag.” 16 Pero sinabi ni Ruth, “Huwag
mo akong palayuin mula sa iyo, sapagkat kung saan ka
pupunta, doon ako pupunta; kung saan ka titira, doon ako
titira; ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang
iyong Diyos ay magiging aking Diyos. 17 Kung saan ka
mamamatay, doon ako mamamatay at doon din ako ililibing.
Nawa parusahan ako ni Yahweh, at kahit higit pa, kung
anuman pero kamatayan kailanman ang magpahiwalay sa
atin. 18 Nang makita ni Naomi na nagpasya nang sumama
si Ruth sa kanya, tumigil na siyang makipagtalo sa kaniya.
19 Kaya naglakbay ang dalawa hanggang makarating sila sa
bayan ng Bethlehem. Nangyari ito nang dumating sila sa
Bethlehem, ang buong bayan ay sobrang nagulat tungkol sa
kanila. Sinabi ng mga kababaihan, “Ito ba si Naomi?” 20
Pero sinabi niya sa kanila, “Huwag ako tawaging Naomi.
Tawagin akong Maramdamin, dahil ang Maykapal ay sobrang
nagdaramdam sa akin. 21 Lumabas akong puno pero muli
akong ibinalik ni Yahweh sa bahay ng walang dala. Kaya
bakit tinatawag ninyo akong Naomi, nakikitang hinatulan
ako ni Yahweh, na pinahirapan ako ng Maykapal?” 22 Kaya
sina Naomi at Ruth na Moabita, na kaniyang manugang,
ay bumalik mula sa bansa ng Moab. Dumating sila sa
Bethlehem sa simula ng pag-aani ng sebada.

2 Ngayon ang asawa ni Naomi, si Elimelek, ay may kamag-
anak, si Boaz, na isang mayaman, maimpluwensiyang
tao. 2 Sinabi ni Ruth, na Moabita, kay Naomi, “Ngayon
hayaan mo akong umalis at mamulot ng mga uhay ng
natitirang butil sa mga bukid. Susunod ako sa kahit kaninong
mga mata ako makatagpo ng pabor.” Kaya sinabi ni Naomi
sa kaniya, “Pumunta ka, aking anak.” 3 Si Ruth ay nagpunta
at namulot sa bukid kasunod ng mga mang-aani. Nangyaring
napunta siya sa bahagi ng bukiring nabibilang kay Boaz,
na may kaugnayan kay Elimelek. 4 Masdan, si Boaz ay
dumating mula Betlehem at sinabi sa mga mang-aani,
“Sumainyo nawa si Yahweh.” Sumagot sila sa kaniya,
“Pagpalain kayo nawa ni Yahweh”. 5 Pagkatapos, sinabi ni
Boaz sa kaniyang lingkod na nangangasiwa sa mga mang-
aani,” Kanino nabibilang ang kabataang babaeng ito?” 6
Sumagot ang lingkod na nangangasiwa sa mga mang-
aani at sinabi, “Iyan ang kabataang babaeng Moabitang
bumalik kasama ni Naomi mula sa lupain ng Moab. 7
Sinabi niya sa akin, 'Pakiusap hayaan mo akong mamulot at
magtipon ng mga uhay habang sumusunod ako sa mga
nag-aani.' Kaya dumating siya rito at nagpapatuloy mula
umaga hanggang ngayon, maliban na nagpahinga siya
nang kaunti sa bahay.” 8 Pagkatapos sinabi ni Boaz kay

Ruth, “Nakikinig ka ba sa akin, aking anak? Huwag kang
pumaroon at mamulot sa ibang bukid; huwag mong iwan
ang aking bukid. Sa halip, manatili ka rito at magtrabaho
kasama ng aking mga kabataang babaing manggagawa. **9**
Panatilihin mo lang na nakatuon ang iyong mga mata sa
bukid kung saan ang mga lalaki ay nag-aani at sumusunod
sa likod ng ibang kababaihan. Hindi ko ba tinagubilinan ang
mga kalalakihan na huwag kang galawin? Kapag nauuhaw
ka, maaari kang pumunta sa mga banga ng tubig at inumin
ang tubig na naigib ng mga kalalakihan.” **10** Pagkatapos
yumuko siya sa harap ni Boaz, na nakasayad ang ulo sa
lupa. Sinabi niya sa kaniya, “Bakit ako nakatagpo ng pabor
sa iyong paningin, dapat ka bang magmalasakit sa akin,
isang dayuhan?” **11** Sumagot si Boaz at sinabi sa kaniya,”
Naibalita sa akin, lahat ng nagawa mo simula nang mamatay
ang iyong asawa. Iniwan mo ang iyong ama, ina, at ang
lupain ng iyong kapanganakan para sundan ang iyong
biyenang babae at para pumunta sa isang bayang hindi mo
kilala. **12** Gantimpalaan ka nawa ni Yahweh dahil sa iyong
ginawa. Makatanggap ka nawa ng buong kabayaran mula
kay Yahweh, ang Diyos ng Israel, sa ilalim ng mga pakpak
na nahanap mo ang kanlungan.” **13** Pagkatapos sinabi niya,
“Hayaan mong makatagpo ako ng pabor sa inyong paningin,
aking panginoon, dahil inaliw mo ako, at nakipag-usap kang
may kagandahang-loob sa akin, kahit na hindi ako isa sa
inyong mga babaeng lingkod.” **14** Nang oras na ng kainan
sinabi ni Boaz kay Ruth, “Pumarito ka, at kumain ng kaunting
tinapay, at isawsaw mo ang iyong pagkain sa sukang alak.”
Umupo siya sa gilid ng mga mang-aani, at inalok niya siya
ng kaunting inihaw na butil. Kumain siya hanggang sa
mabusog siya at iniwan ang natira nito. **15** Nang tumindig
siya para mamulot, inutusan ni Boaz ang kaniyang mga
kabataang lalaki, sinasabing, “Hayaan ninyo siyang mamulot
kahit sa mga binigkis, at huwag magsasabi ng kahit anong
masama sa kaniya. **16** At dapat hilain ninyo palabas ang
ilang mga binigkis para sa kaniya mula sa mga bigkis, at
iwan ang mga ito para pulutin niya. Huwag ninyo siyang
sasawayin.” **17** Kaya namulot siya sa bukid hanggang gabi.
Pagkatapos giniik niya ang mga uhay ng butil na kaniyang
napulot, at ang butil ay halos isang salop ng sebada. **18**
Binuhat niya ito at nagtungo ng lungsod. Pagkatapos nakita
ng kaniyang biyenan ang kaniyang napulot. Dinala din ni
Ruth ang inihaw na butil na natira mula sa kaniyang pagkain
at ibinigay ito sa kaniya. **19** Sinabi ng kaniyang biyenan sa
kaniya, “Saan ka namulot ngayong araw? Saan ka pumunta
para magtrabaho? Pagpalain nawa ang lalaking tumulong
sa iyo.” Pagkatapos sinabi ni Ruth sa kaniyang biyenan
ang tungkol sa lalaking nagmamay-ari ng bukid kung saan
siya nagtrabaho. Sinabi niya,” Ang pangalan ng lalaking
nagmamay-ari ng bukid kung saan ako nagtrabaho ngayon
ay Boaz.” **20** Sinabi ni Naomi sa kaniyang manugang,”
Pagpalain nawa siya ni Yahweh, na hindi itinigil ang kaniyang
katapatan sa buhay at sa mga patay.” Sinabi ni Naomi sa
kaniya,” Ang lalaking iyon ay malapit na kamag-anak natin;
isa sa mga tagasagip na kamag-anak natin.” **21** Sinabi ni
Ruth na Moabita, “Tunay nga, sinabi niya sa akin, 'Dapat
kang manatiling malapit sa aking mga kabataang lalaki
hanggang matapos nilang lahat ang aking ani.” **22** Sinabi
ni Naomi kay Ruth na manugang niya, “Mabuti iyon, aking
anak, lumabas ka kasama ng kaniyang mga kabaatang
babaeng manggagawa, para hindi ka mapahamak alinman
sa ibang bukid.” **23** Kaya nanatili siyang malapit sa mga
babaing manggagawa ni Boaz para mamulot hanggang
matapos ang pag-aani ng sebada at pag-aani ng trigo.
Nakatira siya kasama ng kaniyang biyenan.

**3** Sinabi sa kaniya ni Naomi, na kaniyang biyenan, “Aking
anak, hindi ba dapat na humanap ako ng lugar para
makapagpahinga ka, kaya maging maayos ang mga bagay
para sa iyo? **2** Ngayon si Boaz, ang lalaki na ang mga
kabataang babaing manggagawa ay nakasama mo, hindi
ba kamag-anak natin siya? Tingnan mo, magtatahip siya
ng sebada mamayang gabi sa giikang palapag. **3** Kaya,
maglinis, maglagay ka ng pabango, magpalit ka ng damit, at
bumaba sa giikan. Pero huwag ka munang magpakilala sa
lalaki hanggang matapos siyang kumain at uminom. **4** At
tiyakin mo, kapag humiga siya, na matandaan mo ang lugar
kung saan siya nakahiga para mamaya ay maaari kang
pumunta sa kaniya, alisin ang takip ng kaniyang mga paa, at
humiga roon. Pagkatapos sasabihin niya sa iyo ang iyong
gagawin.” **5** Sinabi ni Ruth kay Naomi, “Gagawin ko ang
lahat ng bagay na sasabihin ninyo.” **6** Kaya bumaba siya
sa giikan, at sumunod siya sa mga tagubiling ibinigay sa
kaniya ng kaniyang biyenan. **7** Nang si Boaz ay makakain at
makainom at ang kaniyang puso ay masigla, pumunta siya
para humiga sa dulo ng tumpok ng butil. Pagkatapos siya ay
dahan-dahang lumapit, inalis ang takip ng kaniyang mga
paa, at nahiga. **8** Nangyari ito noong hatinggabi na ang lalaki
ay nagulat. Bumalikwas siya, at naroon ang isang babae na
nakahiga sa kaniyang paanan. **9** Sinabi niya, “Sino ka?”
Sumagot siya, “Ako si Ruth, ang iyong babaeng lingkod.
Ilatag mo ang inyong balabal sa iyong babaeng lingkod,
dahil ikaw ay isang malapit na kamag-anak.” **10** Sinabi ni
Boaz, “Aking anak, pagpalain ka nawa ni Yahweh. Nagpakita
ka ng higit na kabaitan sa huli kaysa sa simula, dahil hindi
ka humabol alinman sa mga binata, maging mahirap man o
mayaman. **11** At ngayon, aking anak, huwag kang matakot!
Gagawin ko para sa iyo ang lahat ng sabihin mo, dahil ang
buong lungsod ng aking bayan ay nalalaman na ikaw ay

isang karapat-dapat na babae. 12 Ngayon ito ay totoo na
ako ay isang malapit na kamag-anak; sa gayon, may isang
kamag-anak na mas malapit kaysa akin. 13 Manatili ka rito
ngayong gabi, at sa umaga, kung gagampanan niya para sa
iyo ang tungkulin ng isang kamag-anak, mabuti, hayaang
gawin niya ang tungkulin ng isang kamag-anak. Pero kung
hindi niya gagawin ang tungkulin ng isang kamag-anak para
sa iyo, pagkatapos ako ang gagawa nito, sa pamamagitan ng
buhay ni Yahweh. Mahiga ka hanggang sa umaga." 14 Kaya
nahiga siya sa kaniyang paanan hanggang umaga. Pero
bumangon siya bago pa man may sinumang makakilala ng
ibang tao. Dahil sinabi ni Boaz, "Huwag hayaang malaman
na pumarito ang babae sa giikan." 15 Pagkatapos sinabi ni
Boaz, "Dalhin mo ang iyong balabal at hawakan mo ito."
Nang gawin niya iyon, nakasukat siya ng anim na malalaking
sukat ng sebada sa loob nito at pinasan niya. Pagkatapos
nagtungo siya sa lungsod. 16 Nang dumating si Ruth sa
kaniyang biyenan, sinabi niya, "Kamusta ang iyong ginawa,
aking anak?" Pagkatapos sinabi ni Ruth sa kaniya ang lahat
ng nagawa ng lalaki para sa kaniya. 17 Sinabi niya, "Itong
anim na sukat ng sebada ay kung ano ang ibinigay niya
sa akin, dahil sinabi niya, 'Huwag kang umalis na walang
dala sa iyong biyenan.'" 18 Pagkatapos sinabi ni Naomi,
"Manatili ka rito, aking anak, hanggang malaman mo kung
anong mangyayari sa bagay na ito, dahil hindi titigil ang
lalaki hanggang matapos niya ang bagay na ito ngayon."

**4** Ngayon umakyat si Boaz sa tarangkahan at umupo roon.
Maya-maya, dumaan ang malapit na kamag-anak na
nabanggit ni Boaz. Sinabi ni Boaz sa kaniya, "Aking kaibigan,
lumapit ka at maupo rito." Lumapit ang lalaki at umupo. 2
Pagkatapos nagdala si Boaz ng sampung lalaki na mga
nakatatanda sa lungsod at sinabing, "Umupo kayo rito."
Kaya umupo sila. 3 Sinabi ni Boaz sa malapit na kamag-
anak, "Si Naomi, na nagbalik mula sa bansa ng Moab, ay
ipinagbibili ang kapiraso ng lupain na noon ay sa ating
kapatid na si Elimelek. 4 Iniisip kong ipagbigay-alam at
sabihin sa iyo, 'Bilhin mo ito sa harapan ng mga nakaupo
rito, at sa harapan ng mga nakatatanda ng aking bayan.'
Kung nais mong tubusin ito, tubusin mo. Pero kung hindi mo
gustong tubusin ito, sabihin mo sa akin para malaman ko,
dahil wala ni isang tutubos nito maliban sa iyo, at ako ang
kasunod mo." Pagkatapos, sinabi ng ibang lalaki, "Tutubusin
ko ito." 5 Pagkatapos sinabi ni Boaz, "Sa araw na bilhin mo
ang bukid mula sa kamay ni Naomi, kailangan mo ring kunin
si Ruth na Moabita, ang asawa ng namatay na lalaki, sa
utos para maitaas ang pangalan ng namatay sa kaniyang
pamana." 6 Pagkatapos sinabi ng malapit na kamag-anak,
"Hindi ko ito matutubos para sa aking sarili nang hindi
masisira ang aking sariling pamana. Kunin mo ang aking
karapatan ng pagtubos para sa iyong sarili, dahil hindi ko ito
matutubos." 7 Ngayon ito ang kaugalian sa Israel sa mga
naunang panahon patungkol sa pagtubos at pagpalit ng
mga ari-arian. Para patunayan ang lahat ng mga bagay,
hinuhubad ng isang tao ang kaniyang sapatos at ibinibigay
ito sa kaniyang kapitbahay; ito ang paraan sa paggawa ng
ayon sa batas na mga kasunduan sa Israel. 8 Kaya sinabi ng
malapit na kamag-anak kay Boaz, "Bilhin ito para sa iyong
sarili." At hinubad niya ang kaniyang sapatos. 9 Pagkatapos
sinabi ni Boaz sa mga nakatatanda at sa lahat ng mga tao,
"Kayo ang mga saksi sa araw na ito na nabili ko ang lahat ng
dating kay Elimelek at lahat ng dating kay Quelion at Mahlon
mula sa kamay ni Naomi. 10 Bukod dito tungkol kay Ruth na
Moabita, ang asawa ni Mahlon: nakuha ko rin siya na maging
aking asawa, sa utos para maitaas ko ang pangalan ng
namatay na lalaki sa kaniyang pamana, kaya ang kaniyang
pangalan ay hindi mapuputol mula sa gitna ng kaniyang mga
kapatid at mula sa tarangkahan ng kaniyang lugar. Kayo ang
mga saksi ngayon." 11 Sinabi ng lahat ng mga tao na nasa
tarangkahan at mga nakatatanda, "Kami ang mga saksi.
Gawin nawa ni Yahweh ang babae na pumasok sa iyong
bahay tulad nina Raquel at Lea, ang dalawa na nagtayo ng
bahay sa Israel. Magtagumpay ka nawa sa Efrata at maging
kilala sa Betlehem. 12 Nawa ang iyong bahay ay maging
tulad ng bahay ni Fares, na ipinanganak ni Tamar kay Juda,
sa pamamagitan ng anak na ibibigay sa iyo ni Yahweh sa
dalagang ito." 13 Kaya kinuha ni Boaz si Ruth, at siya ay
naging asawa niya. Sinipingan niya ito, at pinahintulutan ni
Yahweh na mabuntis siya at nagsilang siya ng isang anak
na lalaki. 14 Sinabi ng mga babae kay Naomi, "Pagpalain
ka nawa ni Yahweh, na hindi ka iniwan sa araw na ito na
walang isang malapit na kamag-anak, itong sanggol. Nawa
maging kilala ang kaniyang pangalan sa Israel. 15 Nawa
maging isa siyang tagapagpanumbalik ng buhay, at isang
tagapagpalusog sa iyong katandaan, dahil isinilang siya
ng iyong manugang, na nagmahal sa iyo, na mas mabuti
sa iyo kaysa pitong anak na lalaki." 16 Pagkatapos kinuha
ni Naomi ang bata, pinahiga niya siya sa kaniyang dibdib
at inalagaan siya. 17 At ang mga babae, kaniyang mga
kapitbahay, binigyan siya ng pangalan, sinasabing, "Isang
bata ang ipinanganak kay Naomi." Pinangalanan nila siyang
Obed. Naging ama siya ni Jesse, na naging ama ni David.
18 Ngayon ito ang mga kaapu-apuhan ni Fares: si Fares
ang naging ama ni Hezron, 19 si Hezron ang naging ama ni
Ram, si Ram ang naging ama ni Aminadab, 20 si Aminadab
ang naging ama ni Naason, si Naason ang naging ama ni
Salmon, 21 si Salmon ang naging ama ni Boaz, si Boaz ang
naging ama ni Obed, 22 si Obed ang naging ama ni Jesse,
at si Jesse ang naging ama ni David.

# 1 Samuel

**1** Mayroong isang tao ng Romataim-Zofim, sa maburol na lupain ng Efraim; ang kanyang pangalan ay si Elkana na anak na lalaki ni Jeroham na anak na lalaki ni Elihu na anak na lalaki ni Tohu na anak na lalaki ni Zuf, isang Efrateo. **2** Mayroon siyang dalawang asawa; ang pangalan ng unang asawa ay si Ana at ang pangalan ng pangalawa ay si Penina. Nagkaroon ng mga anak si Penina, ngunit hindi nagkaanak si Ana. **3** Umaalis ang taong ito mula sa kanyang siyudad taon-taon upang sumamba at mag-alay kay Yahweh ng mga hukbo sa Shilo. Naroon ang dalawang anak na lalaki ni Eli, sina Hofni at Pinehas, na mga pari kay Yahweh. **4** Kapag dumarating ang araw para kay Elkana para mag-alay bawat taon, palagi niyang binibigyan ng mga bahagi ng karne si Penina na kanyang asawa at lahat ng kanyang anak na lalaki at babae. **5** Ngunit para kay Ana binibigyan niya palagi ng dobleng bahagi si Ana, dahil minahal niya si Ana, kahit na isinara ni Yahweh ang kanyang sinapupunan. **6** Lubos siyang ginalit ng kanyang karibal upang mainis siya, dahil isinara ni Yahweh ang kanyang sinapupunan. **7** Kaya taon-taon, kapag umaakyat siya sa bahay ni Yahweh kasama ang kanyang pamilya, palagi siyang ginagalit ng kanyang karibal. Kaya umiiyak na lang siya at hindi na kumakain. **8** Palaging sinasabi sa kanya ng kanyang asawa na si Elkana, "Ana, bakit ka umiiyak? Bakit hindi ka kumakain? Bakit malungkot ang iyong puso? Hindi ba ako mas mabuti sa iyo kaysa sampung anak na lalaki?" **9** Sa isa sa mga pagkakataong ito, tumayo si Ana matapos silang kumain at uminom sa Shilo. Ngayon nakaupo si Eli na pari sa kanyang upuan sa tapat ng pintuan patungo sa bahay ni Yahweh. **10** Labis ang kanyang pagdadalamhati; nanalangin siya kay Yahweh at umiyak nang matindi. **11** Gumawa siya ng isang panata at sinabi niya, "Yahweh ng mga hukbo, kung titingin ka sa dalamhati ng iyong lingkod at iisipin ako, at huwag mong kalimutan ang iyong lingkod, ngunit bigyan mo ng anak na lalaki ang iyong lingkod, pagkatapos ibibigay ko ang buong buhay niya kay Yahweh, at walang labaha ang dadampi sa kanyang ulo." **12** Habang patuloy siyang nagdadasal sa harapan ni Yahweh, pinagmasdan ni Eli ang kanyang bibig. **13** Nangusap si Ana sa kanyang puso. Gumalaw ang kanyang mga labi, ngunit hindi narinig ang kanyang boses. Kaya inakala ni Eli na siya ay lasing. **14** Sinabi ni Eli sa kanya, "Gaano katagal kang magiging lasing? Itapon mo ang iyong alak." **15** Sumagot si Ana, "Hindi, aking amo, ako ay isang babaeng nagdadalamhati ang kalooban. Hindi ako nakainom ng alak o matapang na inumin, ngunit ibinubuhos ko ang aking kaluluwa sa harapan ni Yahweh." **16** "Huwag mong ituring na ang iyong lingkod ay isang nakahihiyang babae; nagsasalita ako mula sa aking matinding pag-aalala at pagkagalit." **17** Pagkatapos sumagot si Eli at sinabing, "Umalis ka ng mapayapa; ipagkaloob nawa ng Diyos ng Israel ang iyong kahilingan na iyong hiniling sa kanya." **18** Sinabi niya, "Hayaang makasumpong ng biyaya ang iyong lingkod sa iyong paningin." Pagkatapos umalis ang babae at kumain; hindi na malungkot ang kanyang mukha. **19** Sila'y bumangon nang maaga sa araw na iyon at sumamba sa harapan ni Yahweh, at pagkatapos bumalik sila sa kanilang bahay sa Ramah. Sinipingan ni Elkana si Ana na kanyang asawa, at inalala siya ni Yahweh. **20** Nang dumating ang panahon, nabuntis si Ana at nagsilang ng isang batang lalaki. Tinawag niya ang kanyang pangalan na Samuel, sinasabing, "Dahil hiningi ko siya mula kay Yahweh." **21** Muli, umakyat sina Elkana at ang kanyang buong bahay upang maghandog ng taunang pag-aalay at tuparin ang kanyang panata. **22** Ngunit hindi sumama si Ana; sinabi niya sa kanyang asawa, "Hindi ako sasama hanggang sa hindi na sumususo ang bata; pagkatapos dadalhin ko siya, upang maipakita siya sa harapan ni Yahweh at manirahan siya doon magpakailanman." **23** Sinabi ni Elkana na kanyang asawa sa kanya, "Gawin mo kung ano ang pasya mong mabuti sa iyo. Maghintay ka hanggang sa hindi mo na siya pinapasuso; pagtibayin lamang nawa ni Yahweh ang kanyang salita." Kaya nanatili ang babae at pinasuso ang kanyang anak hanggang sa hindi na siya sumususo. **24** Nang hindi na niya siya pinapasuso, isinama niya siya kasama ang tatlong taong gulang na toro, isang epa ng pagkain at isang bote ng alak, at dinala niya siya sa bahay ni Yahweh sa Shilo. Ngayon ang anak niya ay bata pa. **25** Pinatay nila ang toro, at dinala nila ang bata kay Eli. **26** Sinabi niya, "O aking panginoon! Habang buhay ka, aking panginoon, ako ang babaeng tumayo rito sa tabi mo na nananalangin kay Yahweh. **27** Sapagkat ang batang ito ang aking ipinanalangin at ibinigay sa akin ni Yahweh ang aking kahilingan na aking hiniling sa kanya. **28** Ibinibigay ko siya kay Yahweh; habang nabubuhay siya ipapahiram ko siya kay Yahweh." At sinamba ni Elkana at kanyang pamilya si Yahweh doon.

**2** Nanalangin si Ana at sinabing, "Nagsasaya ang aking puso kay Yahweh. Itinaas ni Yahweh ang aking tambuli. Nagmamayabang ang aking bibig sa aking mga kaaway, dahil nagagalak ako sa iyong pagliligtas. **2** Wala ng banal tulad ni Yahweh, sapagka't walang iba maliban sa iyo; walang ibang bato tulad ng ating Diyos. **3** Huwag nang magmataas ng buong kapurihan; huwag hayaang maglabas ng kahambugan ang iyong bibig. Sapagka't si Yahweh ay Diyos ng kaalaman; sa pamamagitan niya tinitimbang ang mga kilos. **4** Nasira ang mga pana ng mga makapangyarihang kalalakihan,

ngunit iyong mga nadapa ay nagsuot ng kalakasan tulad ng
isang sinturon. **5** Ipinaupa ng mga busog ang kanilang sarili
para sa tinapay; sa mga gutom sila ay hindi na naging gutom.
Kahit na ang isang baog ay magsisilang ng pito, ngunit
mananamlay ang babaeng maraming anak. **6** Pumapatay si
Yahweh at bumubuhay. Siya ang nagbababa sa Sheol at
nagtataas. **(Sheol h7585)** **7** Si Yahweh ang nagpapadukha, at
siya ang nagpapayaman. Siya ang nagpapababa, ngunit
siya rin naman ang nagpapataas. **8** Ibinabangon niya
ang mahirap mula sa alabok. Itinataas niya ang mga
nangangailangan mula sa tambak ng abo upang paupuin
sila kasama ang mga prinsipe at manahin ang upuan ng
karangalan. Sapagka't ang mga haligi ng mundo ay kay
Yahweh at kanyang ipinatong sa kanila ang sanlibutan.
**9** Gagabayan niya ang mga paa ng kanyang mga tapat,
ngunit patatahimikin ang mga makasalanan sa kadiliman,
sapagka't walang ni isa ang mananaig sa pamamgitan ng
lakas. **10** Magkakapira-piraso ang mga sumasalungat kay
Yahweh; magpapakulog siya mula sa langit laban sa kanila.
Si Yahweh ang huhusga sa mga dulo ng mundo. Bibigyan
niya ng kalakasan ang kanyang hari at itataas niya ang
sungay ng kanyang hinirang." **11** Pagkatapos pumunta si
Elkana sa Rama, sa kanyang bahay. Naglingkod ang bata
kay Yahweh sa harapan ni Eli na pari. **12** Ngayon ang mga
anak na lalaki ni Eli ay mga walang kabuluhang kalalakihan.
Hindi nila nakikilala si Yahweh. **13** Ang kaugalian ng mga
pari kapag naghandog ang sinumang tao ng isang alay,
pupunta ang lingkod ng pari na may dalang tatlong tulis na
tinidor sa kanyang kamay, habang kumukulo ang karne.
**14** Itusok niya ito sa loob ng kawali, o takure, o kaldero, o
palayok. Lahat nang nakuha ng tinidor ay kukunin ng pari
para sa kanyang sarili. Ginawa nila ito sa Shilo kasama ang
lahat ng mga Israelita na pumunta roon. **15** Sa halip, bago
nila sunugin ang taba, dumating ang lingkod ng pari, at
sinabi sa taong nag-aalay, "Magbigay ka ng karne upang
ihawin para sa pari; sapagka't hindi niya tatanggapin ang
pinakuluang karne mula sa iyo, ngunit hilaw lamang." **16**
Kung sasabihin ng tao sa kanya, "Dapat nilang sunugin
muna ang taba, at pagkatapos kumuha ka ng hangga't gusto
mo." Pagkatapos sasabihin niyang, "Hindi, ibigay mo ito sa
akin ngayon; kung hindi, kukunin ko ito ng sapilitan." **17** Ang
kasalanan ng mga binatang ito ay napakalaki sa harapan ni
Yahweh, sapagka't inalipusta nila ang handog ni Yahweh.
**18** Ngunit naglingkod si Samuel kay Yahweh bilang isang
batang dinamitan ng isang linong epod. **19** Ginagawan siya
ng kanyang ina ng isang maliit na balabal at dinadala ito sa
kanya taon-taon, kapag umaakyat siya kasama ang kanyang
asawa upang maghandog ng taunang alay. **20** Pinagpapala
ni Eli si Elkana at kanyang asawa at sinasabing, "Bigyan
nawa ka ni Yahweh ng maraming anak sa pamamagitan
ng babaeng ito dahil sa kahilingan na kanyang ginawa
kay Yahweh." Pagkatapos babalik sila sa kanilang sariling
tahanan. **21** Tinulungan muli ni Yahweh si Ana, at nabuntis
siya ulit. Nagsilang siya ng tatlong anak na lalaki at dalawang
anak na babae. Samantala, lumaki ang batang si Samuel
sa harapan ni Yahweh. **22** Ngayon napakatanda na ni Eli;
narinig niya ang lahat ng ginagawa ng kanyang mga anak
na lalaki sa buong Israel, at kung paano nila sinipingan ang
mga kababaihan na naglilingkod sa pasukan patungo sa
tolda ng pagpupulong. **23** Sinabi niya sa kanila, "Bakit ninyo
ginawa ang ganoong mga bagay? Sapagka't narinig ko ang
inyong mga masamang gawa mula sa lahat ng mga taong
ito." **24** Hindi, mga anak ko; sapagka't hindi magandang
balita ang aking naririnig. Dinulot ninyong sumuway ang mga
tao ni Yahweh. **25** "Kung magkakasala ang isang tao laban
sa iba, hahatulan siya ng Diyos; ngunit kung magkakasala
ang isang tao laban kay Yahweh, sino ang magsasalita
para sa kanya?" Ngunit ayaw nilang makinig sa boses ng
kanilang ama, dahil nilalayon ni Yahweh na patayin sila. **26**
Lumaki ang batang si Samuel, at kinalugdan ni Yahweh at
ng mga kalalakihan. **27** Ngayon dumating ang isang lingkod
ng Diyos kay Eli at sinabi sa kanya, "Sinasabi ni Yahweh,
'Hindi ko ba inihayag ang aking sarili sa bahay ng iyong
ninuno, nang naroon sila sa Ehipto sa pagkakaalipin sa
bahay ni Paraon? **28** Pinili ko siya mula sa lahat ng mga
lipi ng Israel upang maging aking pari, para umakyat sa
aking altar, at para magsunog ng insenso, para magsuot ng
isang epod sa aking harapan. Ibinigay ko sa bahay ng iyong
ninuno ang lahat ng handog ng mga tao ng Israel na ginawa
sa apoy. **29** Sa gayon, bakit ninyo hinahamak ang aking
mga alay at mga handog na aking kinakailangan sa lugar
kung saan ako naninirahan? Bakit ninyo pinarangalan ang
inyong mga anak na lalaki na higit sa akin sa pamamagitan
ng pagpapataba ng inyong sarili ng mga mainam ng bawat
handog ng aking bayang Israel?' **30** Sapagka't si Yahweh, ang
Diyos ng Israel, nagsasabing, 'Nangako ako na ang inyong
bahay, at ang bahay ng inyong ninuno, ay lalakad sa harap
ko magpakailanman.' Ngunit ngayon sinasabi ni Yahweh,
'Malayong gawin ko ito, sapagka't pararangalan ko yaong
nagpaparangal sa akin, ngunit yaong mga humahamak sa
akin ay hindi papahalagahan. **31** Tingnan mo, paparating na
ang mga araw na puputulin ko ang iyong lakas at ang lakas
ng bahay ng iyong ama, upang wala ng sinumang matandang
lalaki sa iyong bahay. **32** Makikita mo ang pagdadalamhati
sa lugar kung saan ako naninirahan. Kahit na ibibigay ang
kabutihan sa Israel, wala nang sinumang matandang lalaki
sa iyong bahay. **33** Sinuman sa inyo na hindi ko puputulin
mula sa aking altar, idudulot kong lumabo ang inyong mga

mata, at magdudulot ako ng kapighatian para sa inyong
buhay. Mamamatay ang lahat ng kalalakihang ipapanganak
sa inyong pamilya. 34 Ito ang magiging palatandaan para
sa iyo na darating sa iyong dalawang anak na lalaki, kay
Hofni at Pinehas: Mamamatay silang dalawa sa parehong
araw. 35 Magtataas ako para sa aking sarili ng isang tapat
na pari na gagawa kung ano ang nasa aking puso at
nasa aking kaluluwa. Gagawan ko siya ng isang tiyak na
bahay; at lalakad siya sa harapan ng aking hinirang na hari
magpakailanman. 36 Paparoon ang bawat isa na naiwan sa
iyong bahay at yuyukod sa taong iyon, hihingi para sa isang
pirasong ng pilak at isang putol ng tinapay, at magsasabing,
“Pakiusap italaga mo ako sa isa sa mga tungkulin ng pari
upang makakain ako ng piraso ng tinapay.''"

3 Naglingkod kay Yahweh ang batang si Samuel na
nakapailalim kay Eli. Madalang ang mga salita ni Yahweh
sa mga panahong iyon; walang madalas na pangitain.
2 Sa panahong iyon, nang si Eli, na ang paningin ay
nagsimulang lumabo kaya hindi na siya makakita nang
mabuti, ay nakahiga sa kanyang sariling higaan. 3 Hindi pa
namamatay ang ilawan ng Diyos, at nakahiga si Samuel
upang matulog sa bahay ni Yahweh, kung saan naroon ang
kaban ng Diyos. 4 Tumawag si Yahweh kay Samuel, na
nagsabing, “Narito ako.” 5 Tumakbo si Samuel kay Eli at
sinabing, “Narito ako, dahil tinawag mo ako.” Sinabi ni Eli,
“Hindi kita tinawag; humiga ka ulit.” Umalis si Samuel at
humiga. 6 Tumawag muli si Yahweh, “Samuel.” Bumangon
muli si Samuel at nagtungo kay Eli at sinabing, “Narito
ako, dahil tinawag mo ako.” Sumagot si Eli, “Hindi kita
tinawag, aking anak; humiga ka muli.” 7 Ngayon wala pang
anumang karanasan si Samuel kay Yahweh, ni nagkaroon
ng anumang mensahe mula kay Yahweh na naibunhayag sa
kanya. 8 Tinawag muli ni Yahweh si Samuel sa ikatlong
pagkakataon. Muling bumangon si Samuel at nagtungo kay
Eli at sinabing, “Narito ako, sapagka't tinawag mo ako.”
Pagkatapos napagtanto ni Eli na tinawag ni Yahweh ang
bata. 9 Pagkatapos sinabi ni Eli kay Samuel, “Umalis ka at
humigang muli; kung tatawagin ka niya muli, dapat mong
sabihin, 'Magsalita ka, Yahweh, sapagka't nakikinig ang
iyong lingkod.'" Kaya umalis si Samuel at minsan pang
humiga sa kanyang sariling lugar. 10 Dumating si Yahweh at
tumayo; tumawag siya tulad ng ibang mga pagkakataon,
“Samuel, Samuel.” Pagkatapos sinabi ni Samuel, “Magsalita
ka, sapagka't nakikinig ang iyong lingkod.” 11 Sinabi ni
Yahweh kay Samuel, “Tingnan mo, gagawa akong ng isang
bagay sa Israel kung saan manginginig ang mga tainga ng
lahat ng makakarinig nito. 12 Sa araw na iyon tutuparin
ko ang lahat ng bagay na aking sinabi kay Eli tungkol
sa kanyang bahay, mula simula hanggang sa katapusan.
13 Sinabi ko na sa kanya na hahatulan ko ang kanyang
sambahayan minsan para sa lahat ng kasalanang kanyang
nalaman, dahil nagdala ng sumpa sa kanilang sarili ang
kanyang mga anak na lalaki at hindi niya sila pinigilan. 14
Dahil dito naipangako ko sa sambahayan ni Eli na ang mga
kasalanan ng kanyang sambahayan ay hindi kailanman
mapapawi sa pamamagitan ng alay o handog.” 15 Nakahiga
si Samuel hanggang umaga; pagkatapos binuksan niya
ang mga pintuan ng bahay ni Yahweh. Ngunit natakot si
Samuel na sabihin kay Eli ang tungkol sa pangitain. 16
Pagkatapos tinawag ni Eli si Samuel at sinabing, “Samuel,
anak ko.” Sinabi ni Samuel, “Narito ako.” 17 Sinabi niya,
“Ano ang salitang kanyang sinabi sa iyo? Pakiusap huwag
mo itong itago mula sa akin. Gawin nawa sa iyo ng Diyos, at
higit pa, kung itatago mo ang anumang bagay mula sa akin
anuman sa lahat ng salitang sinabi niya sa iyo.” 18 Sinabi ni
Samuel sa kanya ang lahat; wala siyang tinago mula sa
kanya. Sinabi ni Eli, “Si Yahweh iyon. Hayaan mong gawin
niya anuman ang sa tingin niya ay mabuti sa kanya.” 19
Lumaki si Samuel, at kasama niya si Yahweh at wala sa
kanyang mga salitang inihula ang nabigong magkatotoo.
20 Nalaman ng buong Israel mula Dan hanggang Beer-
seba na hinirang si Samuel upang maging isang propeta ni
Yahweh. 21 Nagpakita muli si Yahweh sa Shilo, sapagka't
ibinunyag niya ang kanyang sarili kay Samuel sa Shilo sa
pamamagitan ng kanyang salita.

4 Dumating ang salita ni Samuel sa buong Israel. Ngayon
umalis ang Israel upang makipaglaban sa mga Filisteo.
Nagtayo sila ng kampo sa Ebenezer, at nagtayo ng kampo
ang mga Felisteo sa Afek. 2 Humanay ang mga Filisteo
para labanan ang Israel. Lumaganap ang labanan, natalo
ang Israel ng mga Filisteo, na pumatay ng halos apat na
libong kalalakihan sa lugar ng labanan. 3 Nang dumating
ang mga tao sa kampo, sinabi ng nakakatanda ng Israel,
“Bakit tayo pinatalo ni Yahweh ngayon sa mga Filisteo?
Dalhin natin ang kaban ng tipan ni Yahweh dito mula sa Silo,
upang makasama natin iyon dito, para panatilihin tayong
ligtas mula sa kapangyarihan ng ating mga kaaway.” 4 Kaya
nagpadala ang mga tao ng kalalakihan sa Silo; mula roon
dinala nila ang kaban ng tipan ni Yahweh ng mga hukbo,
na nakaupo sa itaas ng querobin. Ang dalawang anak na
lalaki ni Eli na sina Hofni at Finehas ay naroon kasama ang
kaban ng tipan ng Diyos. 5 Nang dumating ang kaban ng
tipan ni Yahweh sa kampo, sumigaw nang malakas ang
lahat ng mga tao ng Israel, at umugong ang mundo. 6
Nang narinig ng mga Filisteo ang ingay ng hiyawan, sinabi
nila, “Ano ang kahulugan nitong malakas na hiyawan sa
kampo ng mga Hebreo?” Pagkatapos napagtanto nila na
dumating ang kaban ni Yahweh sa kampo. 7 Natakot ang

mga Filisteo; sinabi nila, “Dumating ang Diyos sa kampo.”
Sinabi nila, “Kapighatian sa atin!” Hindi pa nangyayari ito
noon! 8 Kapighatian sa atin! Sino ang magtatanggol sa atin
mula sa lakas nitong makapangyarihang Diyos? Ito ang
Diyos na sumalakay sa mga taga-Ehipto sa pamamagitan ng
marami at iba't ibang uri ng salot sa ilang. 9 Lakasan ninyo
ang loob ninyo, at magpakalalaki kayo, kayong mga Filisteo,
o magiging mga alipin kayo para sa mga Hebreo, gaya
ng naging mga alipin sila sa inyo. Magpakalalaki kayo, at
lumaban.” 10 Nakipaglaban ang mga Filisteo, at natalo ang
Israel. Tumakas ang bawat isa sa kanyang bahay, at ang
patayan ay napakalawak; sapagka't natalo ang tatlumpung
libong sundalo mula sa Israel. 11 Nakuha ang kaban ng
Diyos at namatay ang dalawang lalaking anak ni Eli, na
sina Hofni at Finehas. 12 Tumakbo ang isang lalaki ng
Benjamin mula sa hanay ng labanan at nakarating sa Silo
sa parehong araw, dumating na punit ang kanyang mga
damit at may lupa sa kanyang ulo. 13 Nang nakarating
siya, nakaupo si Eli sa kanyang upuan na nakatingin sa
daan dahil kumabog ang kanyang puso na may pag-aalala
para sa kaban ng Diyos. Nang pumasok ang lalaki sa
lungsod at sinabi ang balita, umiyak ang buong lungsod.
14 Nang narinig ni Eli ang ingay ng iyakan, sinabi niya,
“Ano ang kahulugan nitong hiyawan?” Biglang dumating
ang lalaki at sinabi kay Eli. 15 Ngayon siyamnapu't walong
taong gulang na si Eli; malabo ang kanyang mga mata, at
hindi siya makakita. 16 Sinabi ng lalaki kay Eli, “Ako ang
isang nanggaling mula sa hanay ng labanan. Tumakas ako
mula sa labanan sa araw na ito.” At sinabi niya, “Ano ang
nangyari, anak ko?” 17 Sumagot at nagsabi ang lalaking
nagdala ng balita, “Tumakas ang Israel mula sa mga Filisteo.
Mayroon ding isang malaking pagkatalo sa mga tao. Ang
iyong dalawang anak na lalaki, na sina Hofni at Finehas
ay patay na, at nakuha ang kaban ng Diyos.” 18 Nang
nabanggit niya ang kaban ng Diyos, natumba patalikod si Eli
mula sa kanyang upuan sa gilid ng tarangkahan. Nabali ang
kanyang leeg, at namatay siya, dahil matanda na siya at
mabigat. Naging hukom siya ng Israel sa loob ng apatnapung
taon. 19 Ngayon ang kanyang manugang na babae, asawa
ni Finehas, ay buntis at malapit ng manganganak. Nang
narinig niya ang balita na nakuha ang kaban ng Diyos at ang
kanyang biyenang lalaki at ang kanyang asawa ay patay
na, lumuhod siya at nanganak, ngunit nagpahina sa kanya
ang hirap ng kanyang panganganak. 20 Sinabi sa kanya
ng babaeng nagpapaanak sa oras na malapit na siyang
mamatay, “Huwag kang matakot, dahil nanganak ka ng
isang lalaki.” Ngunit hindi siya sumagot o isinapuso kung
ano ang kanilang sinabi. 21 Pinangalanan niya ang bata
ng Icabod, na nagsasabing, “Nawala ang kaluwalhatian
mula sa Israel!” dahil nakuha ang kaban ng Diyos, at dahil
sa kanyang biyenan at kanyang asawa. 22 At sinabi niya,
“Nawala ang kaluwalhatian mula sa Israel, dahil nakuha ang
kaban ng Diyos.”

**5** Ngayon nakuha na ng mga Filisteo ang kaban ng Diyos,
at dinala nila ito mula sa Ebenezer patungo sa Asdod.
2 Kinuha ng mga Filisteo ang kaban ng Diyos, dinala nila
ito sa bahay ng Dagon, at inilagay sa tabi ng Dagon. 3
Nang nagising nang maaga sa sumunod na araw ang mga
tao ng Asdod, tingnan ninyo, natumba paharap sa lupa
ang Dagon sa harapan ng kaban ni Yahweh. Kaya kinuha
nila ang Dagon at inilagay siyang muli sa kanyang lugar.
4 Ngunit nang nagising sila nang maaga ng sumunod na
umaga, tingnan ninyo, natumba paharap sa lupa ang Dagon
sa harapan ng kaban ni Yahweh. Ang ulo ng Dagon at
kanyang dalawang kamay ay putol na naroon sa pintuan.
Katawan lamang ng Dagon ang naiwan. 5 Ito ang dahilan,
kahit sa araw na ito, ang mga pari ng Dagon at sinumang
dumating sa bahay ng Dagon ay hindi umaapak sa pintuan
ng Dagon sa Asdod. 6 Napakabigat ng kamay ni Yahweh sa
mga tao ng Asdod. Winasak niya sila at pinahirapan sila ng
mga bukol, kapwa sa Asdod at nasasakupan nito. 7 Nang
napagtanto ng mga kalalakihan ng Asdod kung ano ang
nangyayari, sinabi nila, “Hindi dapat manatili ang kaban ng
Diyos ng Israel sa atin, dahil mabigat ang kanyang kamay
laban sa atin at laban kay Dagon na ating diyos.” 8 Kaya
ipinadala nila at sama-samang tinipon ang lahat ng mga
namumuno ng mga Filisteo; sinabi nila sa kanila, “Ano ang
gagawin namin sa kaban ng Diyos ng Israel?” Sumagot
sila, “Hayaang dalhin ang kaban ng Diyos ng Israel sa
palibot ng Gat.” At dinala nila ang kaban ng Diyos ng Israel
doon. 9 Ngunit pagkatapos nilang madala ito sa palibot, ang
kamay ni Yahweh ay laban sa lungsod, na nagdudulot ng
isang napakalaking kalituhan. Pinahirapan niya ang mga
kalalakihan ng lungsod, kapwa maliit at malaki; at ang mga
bukol ay kumalat sa kanila. 10 Kaya ipinadala nila ang kaban
ng Diyos sa Ekron. Ngunit pagdating mismo ng kaban ng
Diyos sa Ekron, sumigaw ang mga taga-Ekron, nagsasabing,
“Dinala nila sa atin ang kaban ng Diyos ng Israel upang
patayin tayo at ang ating mga tao.” 11 Kaya pinatawag nila
at sama-samang tinipon ang lahat ng mga namumuno ng
mga Filisteo; sinabi nila sa kanila, “Ilayo ninyo ang kaban
ng Diyos ng Israel, at hayaang bumalik ito sa sariling lugar
nito, upang hindi tayo nito patayin at ating mga tao.” Dahil
nagkaroon na ng isang nakamamatay na takot sa buong
siyudad; napakabigat ng kamay ng Diyos doon. 12 Ang mga
kalalakihang hindi namatay ay pinahirapan ng mga bukol, at
umabot ang iyak ng siyudad sa kalangitan.

6 Ngayon nasa bansa ng mga Filisteo ang kaban ni Yahweh
sa loob ng pitong buwan. 2 Pagkatapos pinatawag ng
mga tao ng Filisteo ang mga pari at ang mga manghuhula;
sinabi nila sa kanila, “Ano ang dapat nating gawin sa kaban
ni Yahweh? Sabihin mo sa amin kung paano namin dapat
ipadala ito pabalik sa sariling bansa nito.” 3 Sinabi ng mga
pari at mga manghuhula, “Kung ibabalik ninyo ang kaban ng
Diyos ng Israel, huwag itong ibalik na walang regalo; sa ano
mang paraan padalhan siya ng isang handog pambayad
para sa kasalanan. Pagkatapos gagaling kayo, at malalaman
ninyo kung bakit hindi inalis ang kanyang kamay sa inyo
hanggang ngayon.” 4 Pagkatapos sinabi nila, “Ano ang
dapat na handog pambayad para sa kasalanan na ibabalik
namin sa kanya?” Sumagot sila, “Limang ginintuang bukol at
limang ginintuang daga, lima bilang pareho sa bilang ng
mga namumuno ng mga Filisteo. Para sa parehong salot
na nagpahirap sa inyo at sa inyong mga namumuno. 5
Kaya dapat gumawa kayo ng inyong mga hugis ng mga
bukol, at mga hugis ng inyong daga na puminsala sa lupain,
at bigyan ng kaluwalhatian ang Diyos ng Israel. Marahil
aalisin niya ang kanyang kamay mula sa inyo, mula sa
inyong mga diyos, at mula sa inyong lupain. 6 Bakit ninyo
papatigasin ang inyong mga puso, gaya ng mga taga-
Ehipto at ni Paraon na pinatigas ang kanilang mga puso?
Iyon ay nang matindi silang pinahirapan ng Diyos; hindi ba
pinaalis ng mga taga-Ehipto ang mga tao, at umalis sila?
7 Pagkatapos ngayon, maghanda kayo ng isang bagong
kariton na may dalawang nagpapasusong baka, na hindi
pa nasingkawan. Itali ang mga baka sa kariton, ngunit
dalhin ang kanilang guya pauwi, malayo mula sa kanila. 8
Pagkatapos dalhin ang kaban ni Yahweh at ilagay ito sa
kariton. Ilagay ang mga ginintuang anyo na ibabalik sa kanya
bilang isang handog para sa kasalanan sa isang kahon
sa isang gilid nito. Pagkatapos pakawalan ito at hayaang
umalis. 9 Pagkatapos masdan ninyo; kung pupunta ito sa
daan patungo sa sarili nitong lupain sa Beth-semes, kung
gayon si Yahweh ang nagpatupad nitong malaking sakuna.
Ngunit kung hindi, saka natin malalaman na hindi ang
kanyang kamay ang nagpahirap sa atin; sa halip, malalaman
nating nagkataon lang na nangyari ito sa atin.” 10 Ginawa ito
ng mga kalalakihan gaya ng sinabi sa kanila; kumuha sila
ng dalawang nagpapasusong baka, tinali nila sa kariton, at
ikinulong ang kanilang mga guya sa tahanan. 11 Inilagay nila
ang kaban ni Yahweh sa kariton, kasama ng isang kahon
na naglalaman ng mga ginintuang daga at ang kanilang
hinulmang mga bukol. 12 Tumuloy ang mga baka sa dako
ng Beth-semes. Pumunta sila sa tabi ng isang malapad na
daan, umuungal sila habang lumalakad, at hindi sila lumihis
patabi maging sa kanan o sa kaliwa. Sinundan sila ng mga
namumuno ng Felisteo sa hangganan ng Beth-semes. 13
Ngayon nag-aaniang mga tao ng Beth-semes sa kanilang
trigo sa lambak. Nang tumingin sila sa itaas at nakita ang
kaban, nagalak sila. 14 Dumating ang kariton sa bukirin ni
Josue mula sa Beth-semes at huminto roon. Naroon ang
isang malaking bato, at biniyak nila ang kahoy mula sa
kariton, at hinandog ang mga baka bilang isang handog na
susunugin kay Yahweh. 15 Ibinaba ng mga Levita ang kaban
ni Yahweh at kahon na kasama nito, kung saan naroon ang
mga ginintuang anyo, at inilagay ang mga ito sa malaking
bato. Inihandog ng mga kalalakihan ng Beth-semes ang
handog na susunugin at gumawa ng mga alay sa parehong
araw kay Yahweh. 16 Nang nakita ito ng limang namumuno
sa mga Filisteo, bumalik sila sa araw na iyon sa Ekron. 17
Ito ang mga ginintuang bukol na ibinalik ng mga Filisteo para
sa isang handog pambayad para sa kasalanan kay Yahweh:
isa para sa Asdod, isa para sa Gaza, isa para sa Ashkelon,
isa para sa Gat at isa para sa Ekron. 18 Parehong bilang
ang limang ginintuang daga sa bilang ng lahat ng lungsod
ng Filisteo pag-aari ng limang namumuno, kapwa matibay
na mga lungsod at mga panlalawigang nayon. Ang malaking
bato, na nasa tabi nito inilagay nila ang kaban ni Yahweh, ay
nanatiling isang saksi hanggang sa araw na ito sa bukirin ni
Josue na Beth-semita. 19 Sinalakay ni Yahweh ang ilang
kalalakihan ng Beth-semes dahil tumingin sila sa kanyang
kaban. Pinatay niya ang pitumpung kalalakihan. Nagluksa
ang mga tao, dahil binigyan ni Yahweh ang mga tao ng
isang malaking dagok. 20 Sinabi ng mga kalalakihan ng
Beth-semes, “Sino ang makakatayo sa harapan ni Yahweh,
ang banal na Diyos na ito? At kanino siya aakyat mula sa
atin?” 21 Nagpadala sila ng mga mensahero na naninirahan
sa Kiriath Jearim, sinasabing, “Ibinalik ng mga Filisteo ang
kaban ni Yahweh; bumaba at dalhin ninyo ito pabalik.”

7 Dumating ang mga kalalakihan ng Kiriat-Jearim, kinuha
ang kaban ni Yahweh, at dinala ito sa bahay ni Abinadab
sa burol. Itinalaga nila ang kanyang anak na lalaking si
Eleazar para mangalaga sa kaban ni Yahweh. 2 Mula nang
araw na manatili ang kaban sa Kiriat-Jearim, lumipas ang
mahabang panahon, dalawampung taon. Nanaghoy ang
buong bahay ng Israel at ninais nilang bumaling kay Yahweh.
3 Sinabi ni Samuel sa lahat ng tao ng Israel, “Kung babalik
kayo kay Yahweh nang inyong buong puso, alisin ninyo ang
mga dayuhang diyos at ang Astarot mula sa inyo, ibaling
ang inyong mga puso kay Yahweh, at siya lamang ang
sambahin, sa gayon ililigtas niya kayo mula sa kamay ng
mga Filisteo.” 4 Pagkatapos inalis ng mga tao ng Israel ang
mga Baal at mga Astarot, at sinamba lamang si Yahweh. 5
Pagkatapos, sinabi ni Samuel, “Dalahin ninyo ang buong
Israel sa Mizpa at mananalangin ako kay Yahweh para

sa inyo." **6** Nagtipon sila sa Mizpa at sumalok ng tubig at
ibinuhos ito sa harapan ni Yahweh. Nag-ayuno sila sa araw
na iyon at sinabing, "Nagkasala kami laban kay Yahweh."
Doon pinagpasiyahan ni Samuel ang mga alitan ng mga tao
ng Israel at pinangunahan ang mga tao. **7** Ngayon nang
marining ng mga Filisteo na nagtipon ang mga tao ng Israel
sa Mizpa, sinalakay ng mga namumuno ng Filisteo ang
Israel. Pagkarinig ng mga tao ng Israel nito, natakot sila
sa mga Palestina. **8** Pagkatapos sinabi ng bayan ng Israel
kay Samuel, "Huwag kang tumigil sa pagtawag kay Yahweh
na ating Diyos para sa amin, upang iligtas niya kami mula
sa kamay ng mga Filisteo." **9** Kumuha si Samuel ng isang
pinapasusong kordero at inihandog ito bilang isang buong
sinunog na handog kay Yahweh. Pagkatapos patuloy na
tumawag si Samuel kay Yahweh para sa Israel, at sinagot
siya ni Yahweh. **10** Habang inihahandog ni Samuel ang
sinunog na handog, lumapit ang mga Filisteo para salakayin
ang Israel. Subalit nagpakulog si Yahweh ng isang malakas
na tunog sa araw na iyon laban sa mga Filisteo at nagkagulo
sila, at napuksa sila sa harapan ng Israel. **11** Pumunta ang
mga kalalakihan ng Israel mula sa Mizpa, at tinugis nila ang
mga Filisteo at pinatay sila hanggang sa ibaba ng Betcar.
**12** Pagkatapos kumuha si Samuel ng isang bato at itinayo
ito sa pagitan ng Mizpa at Shen. Pinangalanan niya itong
Ebenezer, sinasabing, "Hanggang sa ngayon tinulungan pa
rin kami ni Yahweh." **13** Kaya nag-api ang mga Filisteo at
hindi sila pumasok sa hangganan ng Israel. Laban sa mga
Filisteo ang kamay ni Yahweh sa lahat ng araw ni Samuel.
**14** Naibalik sa Israel ang mga bayang kinuha ng mga Filisteo
mula sa Israel, mula sa Ekron hanggang sa Gat; binawi
ng Israel ang kanilang nasasakupan mula sa mga Filisteo.
Pagkatapos nagkaroon ng kapayapaan sa pagitan ng Israel
at mga Amoreo. **15** Hinatulan ni Samuel ang Israel sa lahat
ng araw ng kanyang buhay. **16** Bawat taon lumilibot siya sa
Bethel, sa Gilgal at sa Mizpa. Pinagpapasiyahan niya ang
mga alitan para sa Israel sa lahat ng mga lugar na ito. **17**
Pagkatapos babalik siya sa Rama, sapagkat naroon ang
bahay niya; at doon pinagpapasiyahan din niya ang mga
alitan para sa Israel. Gumawa rin siya ng altar doon kay
Yahweh.

**8** Nang matanda na si Samuel, ginawa niyang mga hukom
sa Israel ang mga anak niyang lalaki. **2** Joel ang pangalan
ng panganay niya at Abija ang pangalan ng pangalawa
niyang anak na lalaki. Mga hukom sila sa Beer-seba. **3** Hindi
lumakad sa mga paraan niya ang kanyang mga anak, sa
halip naghabol sila sa hindi tapat na tubo. Tumanggap sila
ng mga suhol at binaluktot ang katarungan. **4** Pagkatapos
sama-samang nagtipon ang mga nakakatanda ng Israel
at pumunta sila kay Samuel sa Rama. **5** Sinabi nila sa
kanya, "Tingnan mo, matanda ka na at hindi lumalakad
ayon sa mga paraan mo ang iyong mga anak. Pumili ka
para sa amin ng isang hari na hahatol sa amin tulad ng
lahat ng mga bansa." **6** Subalit hindi nalugod si Samuel
nang sabihin nilang, "Bigyan mo kami ng haring hahatol sa
amin." Kaya nanalangin si Samuel kay Yahweh. **7** Sinabi ni
Yahweh kay Samuel, "Sundin mo ang boses ng mga tao
sa lahat ng bagay na sasabihin nila sa iyo; sapagkat hindi
ikaw ang tinanggihan nila, ngunit ako ang tinanggihan nila
mula sa pagiging hari nila. **8** Kumikilos sila ngayon tulad
ng ginawa nila mula noong araw na inilabas ko sila mula
sa Ehipto, pinabayaan ako, at naglingkod sa ibang mga
diyos, at kaya ginagawa rin nila sa iyo. **9** Ngayon makinig sa
kanila; ngunit taimtim na balaan sila at ipaalam sa kanila
ang paraan na mamahala sa kanila ang hari." **10** Kaya
sinabi ni Samuel ang lahat ng salita ni Yahweh sa mga
taong humihingi ng hari. **11** Sinabi niya, "Ganito kung paano
mamumuno ang hari sa inyo. Kukunin niya ang inyong mga
anak na lalaki at itatalaga sila sa kanyang mga karo at
para maging mga mangangabayo niya, at para tumakbo sa
harapan ng kanyang mga karo. **12** Hihirang siya para sa
kanyang sarili ng mga kapitan ng libu-libong sundalo, at
mga kapitan ng limampung sundalo. Pagbubungkalin niya
ang ilan ng kanyang lupa, gagapas ang ilan ng kanyang
ani, at ang ilan ay gagawa ng kanyang mga sandata para
sa digmaan at mga kagamitan para sa kanyang mga karo.
**13** Kukunin din niya ang inyong mga anak na babae para
maging mga tagagawa ng pabango, tagapagluto at babaeng
magtitinapay. **14** Kukunin niya ang pinakamainam sa mga
bukid ninyo, ang inyong mga ubasan at mga taniman ng
olibo at ibibigay ang mga iyon sa mga lingkod niya. **15**
Kukunin niya ang ikasampu ng inyong butil at ng inyong
mga ubasan at ibibigay sa kanyang mga opisyal at mga
lingkod. **16** Kukunin niya ang inyong mga lalaki at babaeng
lingkod at ang pinakamagaling sa mga binata ninyo at inyong
mga asno; pagtatrabahuhin niya silang lahat para sa kanya.
**17** Kukunin niya ang ikasampu ng inyong mga kawan at
magiging mga alipin niya kayo. **18** Pagkatapos sa araw
na iyon, tatangis kayo dahil sa haring pinili ninyo para sa
inyong sarili; ngunit hindi kayo sasagutin ni Yahweh sa araw
na iyon." **19** Subalit tumangging makinig ang mga tao kay
Samuel; sinabi nila, "Hindi! Dapat mayroon kaming hari
**20** upang maging tulad kami ng lahat ng ibang bansa, at
upang hatulan kami ng aming hari at manguna sa amin at
makipaglaban sa aming mga labanan." **21** Nang marinig ni
Samuel ang lahat ng salita ng mga tao, inulit niya ang mga
iyon sa mga tainga ni Yahweh. **22** Sinabi ni Yahweh kay
Samuel, "Sundin mo ang boses nila at gawan sila ng hari."

Kaya sinabi ni Samuel sa mga kalalakihan ng Israel, “Dapat
pumunta ang bawat lalaki sa kanyang sariling lungsod.”

9 May isang lalaki mula sa Benjamin, isang lalaking
maimpluwensiya. Kish ang pangalan niya, anak na lalaki
ni Abiel na anak na lalaki ni Zeror ng Becorat na anak
na lalaki ni Afia, na anak na lalaki na taga-Benjamin. 2
Mayroon siyang isang anak na lalaki na nagngangalang
Saul, isang makisig na binata. Walang sinumang lalaki
sa bayan ng Israel ang mas makisig kaysa kanya. Mula
balikat niya pataas mas matangkad siya sa lahat ng tao.
3 Ngayon nawala ang mga asno ni Kish, na ama ni Saul.
Kaya sinabi ni Kish sa anak niyang si Saul, “Isama mo ang
isa sa mga lingkod; bumangon at hanapin ang mga asno.”
4 Kaya dumaan si Saul sa maburol na lugar ng Efraim at
nagtungo sa lupain ng Salisa, ngunit hindi nila natagpuan
ang mga iyon. Dumaan sila sa lupain ng Shaalim, pero wala
roon ang mga iyon. Pagkatapos dumaan sila sa lupain ng
mga taga-Benjamin, ngunit hindi nila natagpuan ang mga
iyon. 5 Nang dumating sila sa lupain ng Zuf, sinabi ni Saul
sa kanyang lingkod na kasama niya, “Halika, bumalik na
tayo, at baka tumigil na mag-alala ang aking ama sa mga
asno at magsimulang mag-alala tungkol sa atin.” 6 Subalit
sinabi sa kanya ng lingkod, “Makinig ka, may lingkod ng
Diyos sa lungsod na ito. Siya ay isang lalaking iginagalang;
nagkakatotoo ang lahat ng bagay na sabihin niya. Pumunta
tayo roon; maaaring masabi niya sa atin kung aling daan ang
dapat nating tahakin sa ating paglalakbay.” 7 Pagkatapos
sinabi ni Saul sa kanyang lingkod, “Subalit kung pupunta
tayo, anong madadala natin sa lalaki? Dahil ubos na ang
tinapay sa ating supot, at walang handog na madadala para
sa tao ng Diyos. Anong mayroon tayo?” 8 Sumagot ang
lingkod kay Saul, “Mayroon ako ritong ikaapat na siklo ng
pilak na ibibigay ko sa lingkod ng Diyos, para sabihin sa atin
kung saan tayo dapat tumungo.” 9 (Dati sa Israel, kapag
hahanapin ng isang tao ang kaalaman ng kalooban ng Diyos,
sinasabi niya, “Halika, pumunta tayo sa manghuhula.” Dahil
ang propeta ngayon ay dating tinatawag na manghuhula.)
10 Pagkatapos sinabi ni Saul sa kanyang lingkod, “Mabuting
pagkasabi. Halika, tayo na.” Kaya pumunta sila sa lungsod
kung saan naroon ang lingkod ng Diyos. 11 Habang paakyat
sila sa burol patungo sa lungsod, nakasalubong sila ng mga
babaeng palabas para sumalok ng tubig; sinabi ni Saul at ng
kanyang lingkod sa kanila, “Narito ba ang manghuhula?” 12
Sumagot sila at sinabi, “Narito siya; tingnan ninyo, nauna
lang siya sa inyo. Magmadali kayo, dahil pupunta siya sa
lungsod ngayon, sapagkat mag-aalay ang mga tao ngayon
sa mataas na lugar. 13 Pagpasok na pagpasok ninyo sa
lungsod matatagpuan ninyo siya bago siya umakyat sa
mataas na lugar para kumain. Hindi kakain ang mga tao
hanggang sa dumating siya dahil babasbasan niya ang
alay; pagkatapos kakain ang mga inanyayahan. Ngayon,
umakyat na kayo dahil matatagpuan ninyo siya kaagad.”
14 Kaya umakyat sila sa lungsod. Habang papasok sila sa
lungsod, nakita nila si Samuel na patungo sa kanila para
umakyat sa mataas na lugar. 15 Ngayon, sa araw bago
dumating si Saul, ibinunyag ni Yahweh kay Samuel: 16
“Bukas sa mga ganitong oras ipapadala ko sa iyo ang isang
lalaki mula sa lupain ng Benjamin, at papahiran mo siya ng
langis para maging prinsipe ng aking bayang Israel. Ililigtas
niya ang bayan ko mula sa kamay ng mga Filisteo. Dahil
naawa ako sa aking bayan sapagkat nakarating sa akin ang
paghinigi nila ng tulong sa akin.” 17 Nang makita ni Samuel
si Saul, sinabi ni Yahweh sa kanya, “Siya ang lalaking sinabi
ko sa iyo! Siya ang mamamahala sa aking bayan.” 18
Pagkatapos lumapit si Saul kay Samuel sa tarangkahan
at sinabing, “Sabihin mo sa akin kung saan ang bahay ng
manghuhula?” 19 Sinagot ni Samuel si Saul at sinabing, “Ako
ang manghuhula. Mauna kang umakyat sa akin sa mataas
na lugar, dahil ngayon kakain kang kasama ko. Sa umaga
hahayaan kitang umalis, at sasabihin ko sa iyo ang lahat
ng bagay na nasa isip mo. 20 Para sa iyong mga asnong
nawala tatlong araw na ang nakalipas, huwag mabahala
tungkol sa mga iyon, dahil natagpuan na ang mga iyon. At
para kanino nakatuon ang lahat ng naisin ng Israel? Hindi
ba sa iyo at sa buong bahay ng iyong ama?” 21 Sumagot si
Saul at sinabing, “Hindi ba ako taga- Benjamin, mula sa
pinakamaliit na lipi ng Israel? Hindi ba ang aking angkan
ang pinakamaliit sa lahat ng angkan ng lipi ni Benjamin?
Bakit ka nagsalita sa akin sa ganitong paraan?” 22 Kaya
isinama ni Samuel si Saul at kanyang lingkod, dinala sila
sa bulwagan, at pinaupo sila sa pang-ulong dako ng mga
inanyayahan, na mga tatlumpung tao. 23 Sinabi ni Samuel
sa tagapagluto, “Dalhin mo ang bahaging ibinigay ko sa iyo,
kung alin sinabi sa iyong, 'Itabi mo ito.'” 24 Kaya kinuha ng
tagapagluto ang hitang itinaas sa pag-aalay at kung ano ang
kasama nito, at inilagay ito sa harapan ni Saul. Pagkatapos
sinabi ni Samuel, “Tingnan kung ano ang itinabi ko para sa
iyo! Kainin mo ito, dahil itinabi ko ito hanggang sa itinakdang
oras para sa iyo. Sa ngayon masasabi mong, 'Inanyayahan
ko ang mga tao.'” Kaya kumain si Saul kasama ni Samuel
sa araw na iyon. 25 Nang makababa sila mula sa mataas
na lugar patungo sa lungsod, nakipag-usap si Samuel kay
Saul sa ibabaw ng bubong. 26 Pagkatapos sa bukang-
liwayway, tinawag ni Samuel si Saul sa ibabaw ng bubong at
sinabing, “Bumangon ka, upang maihatid kita paalis sa iyong
patutunguhan.” Kaya bumangon si Saul, at kapwa siya at
si Samuel ay lumabas sa kalye. 27 Habang patungo sila
sa dakong labas ng lungsod, sinabi ni Samuel kay Saul,

“Sabihan mo ang lingkod na mauna sa atin (at nauna siya),
ngunit dapat kang manatili rito sandali, upang maipahayag
ko ang pasabi ng Diyos sa iyo.”

**10** Pagkatapos kumuha si Samuel ng isang bote ng langis
at ibinuhos ito sa ulo ni Saul, at hinalikan siya. Sinabi
niya, “Hindi ba pinahiran ka ng langis ni Yahweh para maging
tagapamahala ng kanyang pamana? **2** Kapag iniwan mo ako
ngayon, may matatagpuan kang dalawang lalaki sa puntod
ni Raquel, sa nasasakupan ng Benjamin at Zelza. Sasabihin
nila sa iyo, 'Natagpuan na ang hinahanap mong mga asno.
Ngayon, tumigil ang iyong ama sa pag-aalala tungkol sa
mga asno, at nababalisa na tungkol sa iyo, sinasabing,
“Ano ang dapat kong gawin sa anak ko?”' **3** Pagkatapos
magpapatuloy ka mula roon, at makakarating ka sa owk ng
Tabor. Sasalubungin ka roon ng tatlong lalaking papunta
sa Diyos sa Bethel, ang isa ay may dalang tatlong batang
kambing, ang isa ay may dalang tatlong pirasong tinapay at
ang isa ay may dalang isang balat na sisidlan ng alak. **4**
Babatiin ka nila at bibigyan ng dalawang pirasong tinapay,
na kukunin mo mula sa kanilang mga kamay. **5** Matapos
iyon, paroroon ka sa burol ng Diyos, kung saan naroon
ang kuta ng mga Filisteo. Kapag nakarating ka sa lungsod,
makakasalubong ka ng isang pangkat ng propetang pababa
mula sa mataas na lugar na may alpa, panderetas, plauta,
at lira sa harapan nila; magsisipanghula sila. **6** Agad na
darating sa iyo ang Espiritu ni Yahweh at huhula ka kasama
nila, at mababago ka sa isang kakaibang lalaki. **7** Ngayon,
kapag dumating sa iyo ang mga palatandaang ito, gawin mo
anumang masumpungang gawin ng iyong kamay, sapagkat
kasama mo ang Diyos. **8** Mauna ka sa aking bumaba sa
Gilgal. Pagkatapos bababa ako sa iyo para maghandog
ng mga sinunog na handog at mag-alay ng mga handog
pangkapayapaan. Maghintay ng pitong araw hanggang sa
dumating ako at ipakita sa iyo kung ano ang dapat mong
gawin.” **9** Nang tumalikod si Saul para iwan si Samuel,
binigyan siya ng Diyos ng panibagong puso. Pagkatapos
lahat ng mga palatandaang ito ay nangyari sa araw na iyon.
**10** Nang dumating sila sa burol, sinalubong siya ng isang
pangkat ng mga propeta, at agad na dumating sa kanya
ang Espiritu ng Diyos kaya nanghula siya kasama nila. **11**
Nang makita siya ng lahat ng taong dating nakakakilala
sa kanya na nanghuhula kasama ng mga propeta, sinabi
ng mga tao sa isa't isa, “Anong nangyari sa anak ni Kish?
Isa na ba ngayon si Saul sa mga propeta?” **12** Isang lalaki
mula sa parehong lugar ang sumagot, “At sino ang kanilang
ama?” Dahil dito, naging kasabihan, “Isa rin ba si Saul
sa mga propeta?” **13** Nang matapos niyang manghula,
pumaroon siya sa mataas na lugar. **14** Pagkatapos sinabi
ng tiyo ni Saul sa kanya at kanyang lingkod, “Saan kayo
nagpunta?” At sumagot siya, “Para hanapin ang mga asno;
nang hindi namin matagpuan ang mga iyon, pumunta kami
kay Samuel.” **15** Sinabi ng tiyo ni Saul, “Pakiusap, sabihin sa
akin kung anong sinabi sa iyo ni Samuel.” **16** Sumagot si
Saul sa kanyang tiyo, “Sinabi niya sa amin nang tapatan na
natagpuan na ang mga asno.” Ngunit hindi niya sinabi sa
kanya ang bagay patungkol sa kaharian na sinabi ni Samuel.
**17** Ngayon sama-samang tinawag ni Samuel ang mga tao sa
harapan ni Yahweh sa Mizpa. **18** Sinabi niya sa mga tao
ng Israel, “Ito ang sinasabi ni Yahweh, na Diyos ng Israel:
'Dinala ko ang Israel palabas ng Ehipto, at iniligtas kayo mula
sa kamay ng mga taga-Ehipto, at mula sa kamay ng lahat
ng kahariang umapi sa inyo.' **19** Subalit ngayon tinanggihan
ninyo ang inyong Diyos na nagliligtas sa inyo mula sa lahat
ninyong kalamidad at dalamhati; at sinabi ninyo sa kanya,
'Maglagay ng hari sa amin.' Ngayon idulog ang inyong mga
sarili sa harapan ni Yahweh ayon sa inyong mga lipi at
angkan.” **20** Kaya dinala ni Samuel palapit ang lahat ng
lipi ng Israel, at napili ang lipi ni Benjamin. **21** Pagkatapos
dinala niya palapit ang lipi ni Benjamin ayon sa kanilang
mga angkan; at napili ang angkan ng mga Matrites; at napili
si Saul na anak ni Kish. Subalit nang siya ay hinahanap nila,
hindi siya matagpuan. **22** Pagkatapos gustong magtanong
ng mga tao sa Diyos ng karagdagang tanong, “May ibang
lalaki pa bang darating?” Sumagot si Yahweh, “Itinago ni
Saul ang kanyang sarili sa mga kargada.” **23** Pagkatapos
tumakbo sila at kinuha si Saul mula roon. Nang tumayo siya
kasama ng mga tao, mas matangkad siya kaysa sinumang
tao mula sa kanyang balikat pataas. **24** Pagkatapos sinabi ni
Samuel sa mga tao, “Nakikita ba ninyo ang lalaking pinili
ni Yahweh?” Walang isa mang katulad niya sa lahat ng
tao!” Sumigaw ang lahat ng tao, “Mabuhay ang hari!” **25**
Pagkatapos sinabi ni Samuel sa mga tao ang mga kaugalian
at panuntunan ng paghahari, isinulat ang mga iyon sa isang
aklat at inilagay ito sa harapan ni Yahweh. Pagkatapos
pinaalis ni Samuel ang mga tao, bawat lalaki sa kanyang
bahay. **26** Umuwi rin si Saul sa tahanan niya sa Gibea, at
sumama sa kanya ang ilang malalakas na tauhan na hinipo
ng Diyos ang mga puso. **27** Subalit ilang walang kabuluhang
lalaki ang nagsabi, “Paano tayo maililigtas ng lalaking ito?”
Inalipusta ng mga taong ito si Saul at hindi siya dinalhan ng
anumang regalo. Subalit nanahimik lang si Saul.

**11** Pagkatapos nilusob ni Nahas na Ammonita ang Jabes
Gilead. Sinabi ng lahat ng kalalakihan ng Jabes
kay Nahas, “Gumawa ng isang kasunduan sa amin at
maglilingkod kami sa iyo.” **2** Sumagot si Nahas na taga-
Ammon, “Sa kondisyong ito gagawa ako ng kasunduan sa
inyo, na dudukutin ko ang lahat ng kanang mata ninyo, at sa
paraang ito, magdadala ng kahihiyan sa buong Israel.” **3**

Sumagot ang mga nakatatanda ng Jabes, “Iwan muna kami
sa loob ng pitong araw para makapagpadala kami ng mga
sugo sa buong nasasakupan ng Israel. Pagkatapos, kung
walang magliligtas sa amin, susuko kami sa iyo.” 4 Dumating
ang mga sugo sa Gibea, kung saan nakatira si Saul, at
sinabi nila sa mga tao kung ano ang nangyari. Umiyak nang
malakas ang lahat ng tao. 5 Ngayon sinusundan ni Saul ang
mga lalaking baka sa bukid. Sinabi ni Saul, “Anong problema
ng mga tao na umiiyak sila?” Sinabi nila kay Saul kung ano
ang sinabi ng mga kalalakihan ng Jabes. 6 Nang marinig
ni Saul ang sinabi nila, agad na dumating ang Espiritu ng
Diyos sa kanya, at galit na galit siya. 7 Kumuha siya ng
magkasingkaw na lalaking baka at pinagpira-piraso ang mga
iyon. Pinadala niya ang mga iyon sa mga sugo sa buong
nasasakupan ng Israel. Sinabi niya, “Sinuman ang hindi
lumabas kasunod ni Saul at kasunod ni Samuel, ito ang
gagawin sa kanyang lalaking baka. Dumating sa mga tao
ang takot kay Yahweh at lumabas silang magkakasama
bilang isang lalaki. 8 Nang tinipon niya sila sa Bezek, ang
mga tao ng Israel ay tatlondaang libo, at tatlumpung libo
ang kalalakihan ng Juda. 9 Sinabi nila sa mga dumating
na mga mensahero, “Sabihin sa mga kalalakihan ng Jabes
Gilead, 'Bukas, sa oras na mainit ang araw, ililigtas ko
kayo.'” Kaya umalis ang mga mesahero at sinabihan ang
mga kalalakihan ng Jabes at natuwa sila. 10 Pagkatapos
sinabi ng mga kalalakihan ng Jabes kay Nahas, “Bukas
susuko kami sa iyo, at magagawa mo sa amin anuman ang
mukhang mabuti sa iyo.” 11 Sumunod na araw, hinati ni
Saul ang mga tao sa tatlong pangkat. Dumating sila sa gitna
ng kampo sa oras ng pang-umagang tanod at sinalakay at
tinalo nila ang mga Ammonita hanggang sa kainitan ng araw.
Kumalat ang mga nakaligtas, at walang dalawa sa kanila
ang naiwang magkasama. 12 Pagkatapos sinabi ng mga tao
kay Samuel, “Sino iyong nagsabing, 'Maghahari ba sa atin si
Saul?' Dalhin ang mga lalaki upang mapatay namin sila.” 13
Subalit sinabi ni Saul, “Walang dapat patayin sa araw na ito
dahil ngayon, iniligtas ni Yahweh ang Israel.” 14 Pagkatapos
sinabi ni Samuel sa mga tao, “Halikayo, pumunta tayo sa
Gilgal at baguhin ang kaharian doon.” 15 Kaya pumunta sa
Gilgal ang lahat ng tao at ginawang hari si Saul sa harapan
ni Yahweh sa Gilgal. Nag-alay sila roon ng mga handog
pangkapayapaan sa harapan ni Yahweh at lubos na nagalak
si Saul at lahat ng mga kalalakihan ng Israel.

**12** Sinabi ni Samuel sa buong Israel, “Nakinig ako sa lahat
ng bagay na sinabi ninyo sa akin, at nagtalaga ako ng
isang hari sa inyo. 2 Ngayon, narito ang hari lumakakad
sa harapan ninyo; at ako ay matanda na at puti na ang
buhok; at ang aking mga anak na lalaki ay kasama ninyo.
Lumakad ako sa harapan ninyo mula sa aking kabataan
hanggang ngayon. 3 Narito ako; magpatotoo laban sa akin
sa harapan ni Yahweh at sa harapan ng kanyang hinirang.
Kaninong lalaking baka ang kinuha ko? Kaninong asno
ang kinuha ko? Sino ang aking dinaya? Sino ang aking
inapi? Mula kaninong kamay ako kumuha ng isang suhol
upang bulagin ang aking mga mata? Magpatotoo laban sa
akin, at ibabalik ko ito sa inyo.” 4 Sinabi nila, “Hindi mo
kami dinaya, inapi, o ninakawan ng anumang bagay mula
sa kamay ng sinuman.” 5 Sinabi niya sa kanila, “Saksi si
Yahweh laban sa inyo, at ang kanyang hinirang ay saksi
ngayon, na wala kayong nakita sa aking kamay.” At sumagot
sila, “Saksi si Yahweh.” 6 Sinabi ni Samuel sa mga tao,
“Si Yahweh ang siyang humirang kina Moises at Aaron,
at ang siyang nagdala palabas sa inyong mga ama mula
sa lupain ng Ehipto. 7 Kaya ngayon, ihandog ang inyong
mga sarili, upang maaari akong makiusap kasama ninyo sa
harapan ni Yahweh tungkol sa lahat ng mga makatarungang
gawain ni Yahweh, na ginawa niya sa inyo at sa inyong mga
ama. 8 Nang dumating si Jacob sa Ehipto, at umiyak ang
inyong mga ninuno kay Yahweh. Ipinadala ni Yahweh sina
Moises at Aaron, siyang nanguna sa inyong mga ninuno
palabas ng Ehipto at nanirahan sila sa lugar na ito. 9 Subalit
kinalimutan nila si Yahweh na kanilang Diyos; ipinagbili niya
sila sa kamay ni Sisera, kapitan ng mga hukbo ni Hazor,
sa kamay ng mga Filisteo, at sa kamay ng hari ng Moab;
nakigpaglaban silang lahat sa inyong mga ninuno. 10 Umiyak
sila kay Yahweh at sinabi, “Nagkasala kami, dahil tinalikuran
namin si Yahweh at naglingkod sa mga Baal at sa mga
Astoret. Subalit iligtas kami ngayon mula sa kamay ng aming
mga kaaway, at paglilingkuran ka namin.' 11 Kaya ipinadala
ni Yahweh sina Jerub Baal, Bedan, Jepta, at Samuel, at
binigyan kayo ng tagumpay sa inyong mga kaaway sa
buong palibot ninyo, upang ligtas kayong manirahan. 12
Nang nakita ninyo na dumating si Nahas ang hari ng bayan
ng Ammon laban sa inyo, sinabi ninyo sa akin. 'Hindi! Sa
halip, isang hari dapat ang mamuno sa amin'—kahit na
si Yahweh, ang inyong Diyos, ang hari ninyo. 13 Ngayon
narito ang hari na inyong pinili, na inyong hiningi at siyang
hinirang ngayon ni Yahweh bilang hari ninyo. 14 Kung takot
kayo kay Yahweh, paglingkuran siya, sundin ang kanyang
boses, at huwag maghimagsik laban sa mga utos ni Yahweh,
pagkatapos kapwa kayo at ang haring namamahala sa inyo
ay magiging tagasunod ni Yahweh na inyong Diyos. 15
Kapag hindi ninyo sinunod ang boses ni Yahweh, subalit
maghimagsik laban sa mga utos ni Yahweh, kung gayon
ang kamay ni Yahweh ay magiging laban sa inyo, tulad ng
ito ay laban sa inyong mga ninuno. 16 Kahit na ngayon
idulog ang inyong sarili at masdan ang dakilang bagay na ito
na gagawin ni Yahweh sa harapan ng inyong mga mata.

17 Hindi ba ngayon ang pag-aani ng trigo? Tatawag ako
kay Yahweh, upang magpapadala siya ng kulog at ulan.
Pagkatapos malalaman ninyo at makikita na matindi ang
inyong kasamaan, na inyong ginawa sa paningin ni Yahweh,
sa paghingi ng isang hari para sa inyong mga sarili." 18 Kaya
tumawag si Samuel kay Yahweh; at sa parehong araw na
iyon nagpadala si Yahweh ng kulog at ulan. Pagkatapos labis
na natakot ang lahat ng mga tao kina Yahweh at Samuel.
19 Pagkatapos sinabi ng lahat ng mga tao kay Samuel,
"Manalangin para sa iyong mga lingkod kay Yahweh na
iyong Diyos, upang hindi kami mamatay. Sapagkat idinagdag
namin sa lahat ng aming mga kasalanan itong kasamaan
sa paghingi ng isang hari para sa aming mga sarili." 20
Sumagot si Samuel, "Huwag kayong matakot. Nagawa ninyo
ang lahat ng kasamaang ito, subalit huwag tumalikod mula
kay Yahweh, sa halip paglingkuran si Yahweh ng inyong
buong puso. 21 Huwag kayong tumalikod pagkatapos ng
mga walang kabuluhang bagay na hindi mapapakinabangan
o makakapagligtas sa inyo, dahil ang mga ito ay walang
silbi. 22 Para sa kapakanan ng kanyang dakilang pangalan,
hindi tatanggihan ni Yahweh ang kanyang mga tao, dahil
nasiyahan si Yahweh na gawin kayong isang mga tao para
sa kanyang sarili. 23 Para sa akin, huwag nawang ipahintulot
na magkasala ako laban kay Yahweh sa pamamagitan ng
pagtigil sa pananalangin para sa inyo. Sa halip, ituturo ko
sa inyo ang daang mabuti at tama. 24 Katakutan lamang
si Yahweh at paglingkuran siya sa katotohanan ng inyong
buong puso. Isaalang-alang ang mga dakilang bagay na
nagawa niya para sa inyo. 25 Subalit kung magpumilit kayo
sa paggawa ng masama, kapwa kayo at inyong hari ay
mamamatay."

**13** Tatlumpong taong gulang si Saul nang nagsimula
siyang mamuno; nang namuno siya sa loob ng
apatnapung taon sa Israel, 2 pumili siya ng tatlong libong
kalalakihan ng Israel. Dalawang libo ang kasama niya sa
Micmas at sa maburol na lugar ng Bethel, habang isang libo
ang kasama ni Jonatan sa Gibea ng Benjamin. Pinauwi niya
ang mga natitirang sundalo, bawat lalaki sa kanyang tolda. 3
Tinalo ni Jonatan ang kuta ng mga Filisteo na nasa Geba at
narinig ito ng mga Filisteo. Pagkatapos hinipan ni Saul ang
trumpeta sa buong lupain, nagsasabing, "Hayaang marinig
ng mga Hebreo." 4 Narinig ng buong Israel na tinalo ni Saul
ang kuta ng mga Filisteo, at naging isang bulok na amoy
din ang Israel sa mga Filisteo. Pagkatapos sama-samang
pinatawag ang mga sundalo upang sumama kay Saul sa
Gilgal. 5 Nagtipon ng magkakasama ang mga Filisteo
upang makipaglaban sa Israel: tatlong libong karo, anim na
libong kalalakihan upang patakbuhin ang mga karo, at mga
hukbo na kasindami ng buhangin sa baybayin. Dumating
sila at nagkampo sa Micmas, silangan ng Beth-aven. 6
Nang makita ng mga kalalakihan ng Israel na sila ay nasa
panganib—sapagkat ang mga tao ay namimighati, nagtago
ang mga tao sa mga kuweba, sa damuhan, sa mga bato, sa
mga balon, at sa mga hukay. 7 Ang ilan sa mga Hebreo ay
pumunta sa ibayo ng Jordan sa lupain ni Gad at Galaad.
Subalit naroon pa rin si Saul sa Gilgal, at nanginginig ang
lahat ng mga tao na sumusunod sa kanya. 8 Naghintay
siya ng pitong araw, ang itinakdang panahon ni Samuel.
Subalit hindi pumunta si Samuel sa Gilgal, at naghiwa-
hiwalay ang mga tao mula kay Saul. 9 Sinabi ni Saul, "Dalhin
ninyo sa akin ang handog na susunugin at ang mga handog
pangkapayapaan" Pagkatapos inihandog niya ang handog
na susunugin. 10 Nang matapos siyang maghandog ng
handog na susunugin dumating si Samuel. Lumabas si Saul
upang salubungin siya at upang batiin siya. 11 Pagkatapos
sinabi ni Samuel, "Ano itong nagawa mo?" Sumagot si Saul,
"Nang nakita ko na iniwanan na ako ng mga tao, at hindi ka
dumating sa loob ng itinakdang panahon, at nagtipon ang
mga Filisteo sa Micmas, 12 sinabi ko, 'Bababa ngayon ang
mga Filisteo laban sa akin sa Gilgal, at hindi ko hinanap
ang pabor ni Yahweh.' Kaya pinilit ko ang aking sarili na
ihandog ang handog na susunugin." 13 Pagkatapos sinabi ni
Samuel kay Saul, "Kumilos ka ng may kahangalan. Hindi
mo sinunod ang utos ni Yahweh na iyong Diyos na ibinigay
niya sa iyo. Sa gayon itinatag sana ni Yahweh ang iyong
pamumuno sa Israel magpakailanman. 14 Subalit ang iyong
pamumuno ngayon ay hindi na magpapatuloy. Humanap si
Yahweh ng isang taong masunurin sa kanya, at hinirang siya
ni Yahweh upang maging prinsipe ng kanyang mga tao,
dahil hindi mo sinunod kung ano ang kanyang inutos sa
iyo." 15 Pagkatapos bumangon si Samuel at pumunta sa
Gilgal patungong Gibea ng Benjamin. Pagkatapos binilang
ni Saul ang mga tao na naroon kasama niya, halos anim na
raang kalalakihan. 16 Si Saul, kanyang anak na lalaking si
Jonatan, at ang mga tao na naroon kasama nila, ay nanatili
sa Geba ng Benjamin. Subalit nagkampo ang mga Filisteo
sa Micmas. 17 Dumating ang mga mananalakay mula sa
kampo ng mga Filisteo sa tatlong pangkat. Isang pangkat ay
patungong Ofra, sa lupain ng Sual. 18 Ang ibang pangkat ay
patungong Beth-horon, at ang ibang pangkat ay patungo sa
hangganan na nakatanaw sa lambak ng Zeboim patungo
sa ilang. 19 Walang mahanap na panday sa buong Israel,
dahil sinabi ng mga Filisteo, "Kung hindi gagawa ang mga
Hebreo ng mga espada o mga sibat para sa kanilang mga
sarili." 20 Subalit ang lahat ng kalalakihan ng Israel ay sanay
na bumaba sa mga Filisteo, bawat isa upang hasain ang
tulis ng kanyang arado, kanyang asarol, kanyang palakol,
at kanyang karit. 21 Ang bayad ay ikadalawang bahagi

ng isang sekel para sa tulis ng arado, at sa mga asarol,
at isangkatlo ng isang sekel para sa paghahasa ng mga
palakol at para sa pagpapatuwid ng mga pantaboy. **22** Kaya
sa araw ng labanan, walang mga espada o mga sibat na
makikita sa mga kamay ng alinmang sundalo na kasama
nina Saul at Jonatan; sina Saul at kanyang anak na lalaki na
si Jonatan lamang ang mayroon nito. **23** Ang kuta ng mga
Filisteo ay pumunta sa lagusan ng Micmas.

**14** Isang araw, sinabi ni Jonatan na anak na lalaki ni Saul
sa kanyang batang tagapagdala ng baluti, "Halika,
pumunta tayo sa kuta ng mga Filisteo sa kabilang panig."
Subalit hindi niya sinabihan ang kanyang ama. **2** Nanatili si
Saul sa dakong labas ng bayan ng Gibea sa ilalim ng punong
granada na nasa Migron. Mga anim na raang kalalakihan
ang kasama niya, **3** kasama si Ahias anak na lalaki ni
Ahitob (kapatid na lalaki ni Icabod) anak na lalaki ni Pinehas
na anak na lalaki ni Eli, ang pari ni Yahweh sa Shilo, na
nakasuot ng isang epod. Hindi alam ng mga tao na nawala
si Jonatan. **4** Sa pagitan ng mga lagusan, na nilalayon
ni Jonatan na tawirin papunta sa kuta ng mga Filisteo,
may isang mabatong talampas sa isang bahagi, at isang
mabatong talampas sa isa pang bahagi. Ang pangalan ng
isang talampas ay Bozez, at ang pangalan ng isa pa ay
Sene. **5** Ang isang matarik na talampas ay pumaitaas sa
hilaga sa harap ng Micmas, at ang isa sa timog sa harap ng
Geba. **6** Sinabi ni Jonatan sa kanyang batang tagapagdala
ng baluti, "Halika, tumawid tayo papunta sa kuta nitong mga
taong di tuli. Maaring kumilos si Yahweh sa ngalan natin,
sapagkat walang makakapigil kay Yahweh mula sa pagligtas
sa pamamagitan ng marami o kaunting tao." **7** Sumagot ang
kanyang tagapagdala ng baluti, "Gawin mo ang lahat ng
bagay na nasa puso mo. Sige, tingnan mo, kasama mo ako
upang sundin ang lahat ng mga iniutos mo." **8** Pagkatapos
sinabi ni Jonatan, "Tatawid tayo papunta sa mga kalalakihan,
at ilalantad natin ang ating mga sarili sa kanila. **9** Kapag
sasabihin nila sa atin, "Maghintay kayo diyan hanggang sa
dumating kami sa inyo'—kung gayon mananatili tayo sa
ating lugar at hindi tatawid papunta sa kanila. **10** Subalit
kung sasagot sila, 'Pumunta kayo dito sa amin,' kung gayon
tatawid tayo; dahil ibinigay sila ni Yahweh sa atin. Ito ang
magiging tanda sa atin." **11** Kaya pareho nilang inilantad ang
kanilang mga sarili sa kuta ng mga Filisteo. Sinabi ng mga
Palestina, "Masdan ninyo, ang mga Hebreo ay lumalabas
sa mga butas kung saan sila nagtatago." **12** Pagkatapos
tumawag ang kalalakihan ng kampo kina Jonatan at sa
kanyang tagapagdala ng baluti, at sinabi, "Umakyat kayo dito
sa amin, at papakitaan namin kayo ng isang bagay." Sinabi
ni Jonatan sa kanyang tagapagdala ng baluti, "Sumunod ka
sa akin, dahil ibinigay sila ni Yahweh sa kamay ng Israel." **13**
Umakyat si Jonatan gamit ang kanyang mga kamay at paa,
at sumunod sa kanyang likuran ang kanyang tagapagdala
ng baluti. Pinatay ni Jonatan ang mga Filisteo sa harapan,
at pinatay ng kanyang tagapagdala ng baluti sa kanyang
likuran. **14** Iyan ang unang pagsalakay na ginawa nina
Jonatan at kanyang tagapagdala ng baluti, nakapatay ng
halos dalawampung kalalakihan sa loob ng halos kalahati
ng haba ng isang tudling sa isang ektarya ng lupa. **15** May
isang kaguluhan sa kampo, sa bukid, at sa mga tao. Kahit na
ang kuta at ang mananalakay ay nagkagulo. Lumindol ang
mundo, at may isang malawakang kaguluhan. **16** Pagkatapos
tumingin ang mga bantay ni Saul sa Gibea ng Benjamin; ang
pangkat ng mga ni Jonatan ay naghiwa-hiwalay, at sila ay
nagpaparoon at parito. **17** Pagkatapos sinabi ni Saul sa mga
tao na kasama niya, "Magbilang kayo at hanapin ninyo kung
sino ang nawawala sa atin." Nang mabilang nila, si Jonatan
at ang kanyang tagapagdala ng baluti ang mga nawawala.
**18** Sinabi ni Saul kay Ahias, "Dalhin ang epod ng Diyos
dito"—sapagkat isinuot ni Ahias ang epod nang araw na iyon
kasama ng mga sundalo ng Israel. **19** Habang nagsasalita si
Saul sa pari, ang kaguluhan sa kampo ng mga ni Filisteo ay
nagpatuloy at lumalawak. Pagkatapos sinabi ni Saul sa pari,
"Alisin ang iyong kamay." **20** Nagsama-sama si Saul at lahat
ng mga taong kasama niya at pumunta sa labanan. Ang
bawat espada ng ni Jonatan ay laban sa kanyang kapwa
tao, at nagkaroon ng matinding kalituhan. **21** Ngayon iyong
mga Hebreo na dati ay kasama ng mga ni Filisteo at iyong
kasama nila sa kampo, kahit sila ay umanib sa mga Israelita
na kasama nila Saul at Jonatan. **22** Nang tinago ng lahat ng
kalalakihan ng Israel ang kanilang sarili sa mga burol malapit
sa Efraim narinig nila na tumatakas ang mga Filisteo, kahit na
hinabol sa nila sila sa labanan. **23** Kaya iniligtas ni Yahweh
ang Israel nang araw na iyon, at lumagpas ang labanan sa
dako ng Beth-aven. **24** Sa araw na iyon ang kalalakihan
ng Israel ay nabalisa dahil inilagay ni Saul ang mga tao sa
ilalim ng isang panunumpa at sinabi, "Susumpain ang taong
kakain ng anumang pagkain hanggang gabi at naipaghiganti
ako sa aking mga kaaway." Kaya wala sa mga hukbo ang
tumikim ng pagkain. **25** Pagkatapos pumasok ng kagubatan
ang lahat ng mga tao at may mga pulot sa ibabaw ng lupa.
**26** Nang pumasok ang mga tao sa kagubatan, dumaloy
ang pulot, subalit wala ni isa ang naglagay ng kanyang
kamay sa kanyang bibig dahil kinatakutan ng mga tao ang
panunumpa. **27** Subalit hindi narinig ni Jonatan na binigkis
ng kanyang ama ang mga tao sa isang panunumpa. Inabot
niya ang dulo ng kanyang tungkod na nasa kanyang kamay
at inilublob ito sa pulot-pukyutan. Itinaas niya ang kanyang
kamay sa kanyang bibig, at lumiwanag ang kanyang mga
mata. **28** Pagkatapos sumagot ang isa sa mga tao, "Mahigpit

na binilinan ng iyong ama ang mga tao ng may panunumpa,
sa pagsasabing, 'Susumpain ang tao na kakain ng pagkain
sa araw na ito,' kahit na mahina na ang mga tao mula sa
gutom." **29** Pagkatapos sinabi ni Jonatan, "Gumawa ang
ama ko ng gulo sa lupain. Masdan kung paano lumiwanag
ang aking mga mata dahil tumikim ako ng kaunti ng pulot na
ito. **30** Ano pa kaya kung malayang kumain ang mga tao
ngayon sa pandarambong mula sa kanilang mga kaaway na
kanilang natagpuan? Subalit ngayon ang patayan ay hindi
matindi sa mga Filisteo." **31** Sinalakay nila ang mga Filisteo
sa araw na iyon mula Micmas hanggang Ahilon. Pagod na
pagod ang mga tao. **32** Sumugod nang may kasakiman ang
mga tao sa pandarambong at kumuha ng mga tupa, mga
baka at mga bisiro, at pinatay ang mga ito sa lupa. Kinain
ng mga tao ang mga ito kasama ang dugo. **33** Pagkatapos
sinabihan nila si Saul, "Tingnan mo, nagkakasala ang mga
tao laban kay Yahweh sa pamamagitan ng pagkain na may
dugo." Sinabi ni Saul, "Kumilos kayo ng hindi tapat. Ngayon,
magpagulong kayo ng isang malaking bato dito sa akin." **34**
Sinabi ni Saul, "Pumunta kayo sa mga tao, at sabihan sila,
'Hayaang dalhin ng bawat tao ang kanyang kapong baka
at kanyang mga tupa, patayin ang mga ito dito, at kainin.
Huwag magkasala laban kay Yahweh sa pamamagitan ng
pagkain kasama ang dugo.'" Kaya dinala ng bawat tao ang
kanyang sariling kapong baka kasama niya nang gabing
iyon at pinatay ang mga ito roon. **35** Gumawa si Saul ng
isang altar kay Yahweh, na naging unang altar na ginawa
niya kay Yahweh. **36** Pagkatapos sinabi ni Saul, "Habulin
natin ang mga Filisteo sa gabi at dambungan sila hanggang
umaga; huwag tayong magtira ng buhay sa isa sa kanila."
Sumagot sila, "Gawin kung anong sa tingin mo ay mabuti."
Subalit sinabi ng pari, "Lapitan natin ang Diyos dito." **37**
Tinanong ni Saul ang Diyos, "Dapat ko bang habulin ang
mga Filisteo? Ibibigay mo ba sila sa kamay ng Israel?"
Subalit hindi siya sinagot ng Diyos nang araw na iyon. **38**
Pagkatapos sinabi ni Saul, "Pumarito kayo, lahat kayong
mga pinuno ng mga tao; matuto kayo at tingnan kung paano
nangyari ang kasalanang ito ngayon. **39** Sapagkat, habang
nabubuhay si Yahweh, siyang nagligtas sa Israel, kahit
na ito ay si Jonatan na anak kong lalaki, siya ay tiyak na
mamamatay." Subalit wala sa kalalakihan sa mga tao ang
sumagot sa kaniya. **40** Pagkatapos sinabi niya sa buong
Israel, "Dapat kayong tumayo sa isang panig, at ako at si
Jonatan na aking anak ay sa kabila." Sinabi ng mga tao kay
Saul, "Gawin mo kung ano ang mukhang mabuti para sa
iyo." **41** Kaya nga sinabi ni Saul kay Yahweh, ang Diyos ng
Israel, "Ipakita ang ginamit sa palabunutan." Sina Jonatan at
Saul ang nakuha sa palabunutan, subalit nakaligtas ang
mga tao mula sa pagpili. **42** Pagkatapos sinabi ni Saul,
"Magpalabunutan tayo sa pagitan ko at sa aking anak na si
Jonatan." Pagkatapos nakuha si Jonatan sa palabunutan.
**43** Pagkatapos sinabi ni Saul kay Jonatan, "Sabihan mo
ako kung ano ang nagawa mo." Sinabihan siya ni Jonatan,
"Tumikim ako ng kaunting pulot gamit ang dulo ng bara
na nasa aking kamay. Narito ako; mamamatay ako." **44**
Sinabi ni Saul, "Gawin ng Diyos at higit din sa akin, kung
hindi ka mamatay, Jonatan." **45** Pagkatapos sinabi ng mga
tao kay Saul, "Dapat bang mamatay si Jonatan, na siyang
nagdala nitong dakilang tagumpay para sa Israel? Higit pa
rito! Habang nabubuhay si Yahweh, walang isang buhok
sa kanyang ulo ang mahuhulog sa lupa, dahil kumilos siya
kasama ang Diyos ngayon." Kaya iniligtas ng mga tao si
Jonatan kaya hindi siya namatay. **46** Pagkatapos pinatigil ni
Saul ang pagtugis sa mga Filisteo, at pumunta ang mga
Filisteo sa kanilang sariling lugar. **47** Nang magsimula si
Saul na mamuno sa Israel, nakipaglaban siya sa lahat ng
kanyang mga kaaway sa bawat panig. Nakipaglaban siya sa
Moab, sa mga tao ng Ammon, Edom, sa mga hari ng Zobah,
at sa mga Filisteo. Saan man siya bumaling, nagpatupad
siya ng parusa sa kanila. **48** Kumilos siya na may kagitingan
at tinalo ang mga Amalekita. Iniligtas niya ang Israel mula sa
mga kamay ng mga dumambong sa kanila. **49** Ang mga
anak na lalaki ni Saul ay sina Jonatan, Isui, at Melquisua.
Ang mga pangalan ng kanyang dalawang anak na babae ay
Merab, ang panganay, at Mical, ang nakababata. **50** Ang
pangalan ng asawa ni Saul ay Ahinoam; siya ang anak na
babae ni Ahimaaz. Ang pangalan ng kapitan ng kanyang
hukbo ay Abner anak na lalaki ni Ner, tiyuhin ni Saul. **51** Si
Kish ang ama ni Saul; at si Ner, ang ama ni Abner, na anak
na lalaki ni Abiel. **52** May matinding labanan laban sa mga
Filisteo sa lahat ng araw ni Saul. Kapag makakita si Saul ng
sinumang malakas na tao, o sinumang matapang na tao,
inilalapit niya ang kanyang sarili.

**15** Sinabi ni Samuel kay Saul, "Ipinadala ako ni Yahweh
upang buhusan ka ng langis para maging hari sa
kanyang bayang Israel. Ngayon makinig ka sa mga salita
ni Yahweh. **2** Ito ang sinabi ni Yahweh ng mga hukbo,
'Natandaan ko kung ano ang ginawa ng Amalek sa Israel sa
paglaban sa kanila sa daan, nang lumabas sila sa Ehipto.
**3** Ngayo'y humayo at lusubin ang Amalek at ganap na
lipulin ang lahat ng meron sila. Huwag silang paligtasin
subalit patayin ang kapwa lalaki at babae, bata at sanggol,
lalaking baka at tupa, kamelyo at asno." **4** Ipinatawag ni
Saul ang mga tao at binilang sila sa lungsod ng Telem:
dalawang daang libong naglalakad, at sampung libong
kalalakihan ng Juda. **5** Pagkatapos dumating si Saul sa
lungsod ng Amalek at naghintay sa lambak. **6** Pagkatapos
sinabi ni Saul sa mga Kenita, "Humayo, umalis, lumabas

mula sa mga Amalek, upang hindi ko kayo lipulin kasama
nila. Sapagkat nagpakita kayo ng kagandahang-loob sa
lahat ng tao sa Israel, nang dumating sila mula Ehipto."
Kaya lumayo ang mga Kenita mula sa mga Amalek. 7
Pagkatapos nilusob ni Saul ang mga Amalek, mula Avila
hanggang sa layo ng Shur, na nasa silangan ng Ehipto. 8
Pagkatapos dinala niyang buhay si Agag ang hari ng mga
Amalek; tuluyan niyang nilipol ang lahat ng mga tao gamit
ang talim ng espada. 9 Subalit itinira ni Saul at ng mga tao
si Agag, pati na rin ang pinakamabuti sa mga tupa, mga
baka, mga pinatabang bisiro, at ang mga tupa. Lahat ng
bagay na mabuti, hindi nila winasak. Sapagkat ganap nilang
winasak ang anumang bagay na kinasuklaman at walang
halaga. 10 Pagkatapos dumating ang salita ni Yahweh kay
Samuel, nagsasabing, 11 "Nalulungkot akong ginawa kong
hari si Saul, dahil tumalikod siya sa pagsunod sa akin at
hindi tinupad ang aking mga kautusan." Galit si Samuel;
buong gabi siyang umiyak kay Yahweh. 12 Bumangon ng
maaga si Samuel upang puntahan si Saul. Sinabihan si
Samuel, "Dumating si Saul sa Carmel at nagtayo siya ng
isang bantayog sa kanyang sarili, pagkatapos lumihis at
nagpatuloy pababa sa Gilgal." 13 Pagkatapos dumating si
Samuel kay Saul, at sinabi ni Saul sa kanya, "Pinagpala
ka sa pamamagitan ni Yahweh! Natupad ko na ang utos ni
Yahweh." 14 Sinabi ni Samuel, "Ano pala itong pag-unga
ng mga tupa sa aking mga tainga, at ang ungal ng mga
baka na aking narinig?" 15 Sumagot si Saul, "Dinala nila
ang mga ito mula sa mga Amalek. Sapagkat itinira ng mga
tao ang pinakamabuti sa mga tupa at sa mga baka, upang
ialay kay Yahweh na iyong Diyos. Ang natitira ay ganap
naming winasak." 16 Pagkatapos sinabi ni Samuel kay Saul,
"Sandali lang, at sasabihin ko sa iyo kung ano ang sinabi ni
Yahweh sa akin ngayong gabi." Sinabi ni Saul sa kanya,
"Magsalita!" 17 Sinabi ni Samuel, "Kahit na ikaw ay maliit sa
sarili mong paningin, hindi kaba naging pinuno ng mga lipi
ng Israel? At hinirang ka ni Yahweh bilang hari ng Israel; 18
Ipinadala ka ni Yahweh sa iyong sariling paraan at sinabi,
"Humayo at ganap na lipulin ang mga taong makasalanan,
ang mga Amalek, at makipaglaban sa kanila hanggang
sila ay malipol.' 19 Bakit hindi mo sinunod ang boses ni
Yahweh, subalit sa halip sinamsam mo ang nadambong at
gumawa ng masama sa paningin ni Yahweh? 20 Pagkatapos
sinabi ni Saul kay Samuel, "Sa katunayan ay sinunod ko
ang boses ni Yahweh, at pumunta sa daan na ipinadala
ako ni Yahweh. Nabihag ko si Agag, ang hari ng Amalek,
at ganap na nilipol ang mga Amalek. 21 Subalit kumuha
ang mga tao ng ilan sa nadambong—mga tupa at mga
lalaking baka, ang pinakamabuti sa mga bagay na itinalaga
sa pagkawasak, upang ialay kay Yahweh na inyong Diyos
sa Gilgal." 22 Sumagot si Samuel, "Mas nagagalak ba si
Yahweh sa mga handog na susunugin at mga alay, kaysa sa
pagsunod sa boses ni Yahweh? Ang pagsunod ay maigi
kaysa sa alay, at ang pakikinig ay maigi kaysa sa taba
ng mga lalaking tupa. 23 Sapagkat ang paghihimagsik ay
tulad ng kasalanan ng panghuhula, at pagkasutil at tulad ng
kasamaan at katampalasan. Dahil tinanggihan mo ang salita
ni Yahweh, tinanggihan ka rin niya mula sa pagiging hari."
24 Pagkatapos sinabi ni Saul kay Samuel, "Nagkasala ako;
dahil binali ko ang kautusan ni Yahweh at ang iyong mga
salita, dahil takot ako sa mga tao at sinunod ang kanilang
boses. 25 Ngayon, pakiusap patawarin ang aking kasalanan,
at bumalik kasama ko upang maaari kong sambahin si
Yahweh." 26 Sinabi ni Samuel kay Saul, "Hindi ako babalik
kasama mo; dahil tinanggihan mo ang salita ni Yahweh, at
tinanggihan ka ni Yahweh mula sa pagiging hari sa Israel."
27 Habang patalikod si Samuel upang umalis, hinawakan ni
Saul ang tupi ng kanyang damit at napunit ito. 28 Sinabi
ni Samuel sa kanya, "Kinuha ni Yahweh ang kaharian ng
Israel mula sa iyo ngayon at ibinigay ito sa isang kapwa
mo, isa na mas mabuti kaysa sa iyo. 29 Gayundin, ang
Lakas ng Israel ay hindi magsisinungaling ni babaguhin ang
kanyang isip; sapagkat siya ay hindi isang tao, na dapat
niyang baguhin ang kanyang isip." 30 Pagkatapos sinabi
ni Saul, "Nagkasala ako. Subalit pakiusap parangalan mo
ako ngayon sa harapan ng mga nakakatanda ng aking mga
tao at sa harapan ng Israel. Bumaling ka muli kasama ko,
para masamba ko si Yahweh na iyong Diyos." 31 Kaya
bumaling muli si Samuel kay Saul, at sinamba ni Saul si
Yahweh. 32 Pagkatapos sinabi ni Saul, "Dalhin si Agag ang
hari ng mga Amalek dito sa akin." Pumunta si Agag sa
kanya na nakagapos sa mga kadena at sinabi, "Tiyak na
lumipas na ang pait ng kamatayan." 33 Sumagot si Samuel,
"Sa pamamagitan ng iyong espada ginawang walang anak
ang mga babae, kaya ang iyong ina ay magiging walang
anak kasama ng mga kababaihan." Pagkatapos tinadtad
ni Samuel si Agag ng pira-piraso sa harapan ni Yahweh
sa Gilgal. 34 Pumunta si Samuel sa Rama at umakyat si
Saul sa kanyang bahay sa Gibea ni Saul. 35 Hindi nakita ni
Samuel si Saul hanggang sa araw ng kanyang kamatayan,
sapagkat nagluksa siya kay Saul. At nalungkot si Yahweh na
kanyang ginawang hari si Saul ng Israel.

**16** Sinabi ni Yahweh kay Samuel, "Hanggang kailan ka
magluluksa para kay Saul, yamang tinanggihan ko
siya mula sa pagiging hari sa Israel? Punuin mo ng langis
ang iyong sungay na sisidlan at umalis. Ipapadala kita kay
Jesse na taga-Bethlehem, sapagkat pumili ako para sa
aking sarili ng isang hari sa kanyang mga anak na lalaki." 2
Sinabi ni Samuel, "Paano ako pupunta? Kung marinig ito ni

Saul, papatayin niya ako.” Sinabi ni Yahweh, “Magdala ka
ng dumalagang baka at sabihin, 'Pumarito ako para mag-
alay kay Yahweh.' 3 Tawagin mo si Jesse para mag-alay, at
ipapakita ko sa iyo kung ano ang iyong gagawin. Bubuhusan
mo ng langis para sa akin ang isa na sasabihin ko sa iyo.”
4 Ginawa ni Samuel ang sinabi ni Yahweh at pumunta sa
Bethlehem. Nanginginig ang mga nakakatanda ng lungsod
habang sinasalubong siya at sinabi, “Pumarito ka ba para
sa kapayapaan?” 5 Sinabi niya, “Sa kapayapaan; naparito
ako upang mag-alay kay Yahweh. Italaga ang iyong sarili
kay Yahweh para sa alay at sumama kayo sa akin.” At
itinalaga niya si Jesse at ang kanyang mga anak na lalaki
kay Yahweh, at pagkatapos tinawag niya sila sa pag-aalay. 6
Nang dumating sila, tumingin siya kay Eliab at sinabi niya sa
kanyang sarili na ang pinili ni Yahweh ay tunay na nakatindig
sa harapan niya. 7 Ngunit sinabi ni Yahweh kay Samuel,
“Huwag kang tumingin sa kanyang panlabas na anyo, o sa
taas ng kanyang tindig; dahil tinanggihan ko siya. Sapagka't
hindi tumitingin si Yahweh katulad nang pagtingin ng tao;
sa panlabas na anyo tumitingin ang tao, ngunit sa puso
tumitingin si Yahweh.” 8 Pagkatapos tinawag ni Jesse si
Abinadab at pinaraan sa harapan ni Samuel. At sinabi ni
Samuel, “Hindi rin siya ang pinili ni Yahweh.” 9 Pagkatapos
pinaraan ni Jesse si Samma. At sinabi ni Samuel, “Hindi rin
siya ang pinili ni Yahweh.” 10 Pinaraan ni Jesse ang pito
sa kanyang mga anak na lalaki sa harapan ni Samuel. At
sinabi ni Samuel kay Jesse, “Hindi pinili ni Yahweh ang
sinuman sa mga ito.” 11 Pagkatapos sinabi ni Samuel
kay Jesse, “Narito ba lahat ng iyong mga anak na lalaki?”
Sumagot siya, “Natitira pa ang bunso, ngunit nagpapastol
siya ng mga tupa.” Sinabi ni Samuel kay Jesse, “Ipasundo
siya; sapagka't hindi tayo uupo hanggang sa dumating siya
rito.” 12 Nagpadala si Jesse at ipinasundo siya. Ngayon
ang binatilyong ito ay malusog at may magandang mga
mata at makisig na anyo. Sinabi ni Yahweh, “Tumayo ka,
buhusan mo siya ng langis; sapagka't siya na iyon.” 13
Pagkatapos kinuha ni Samuel ang sungay ng langis at
binuhusan siya sa gitna ng kanyang mga kapatid na lalaki.
Mula sa araw na iyon lumukob ang Espiritu ni Yahweh kay
David. Pagkatapos bumangon si Samuel at pumunta sa
Rama. 14 Ngayon ang Espiritu ni Yahweh ay umalis na
kay Saul, at sa halip isang masamang espiritu na mula kay
Yahweh ang bumagabag sa kanya. 15 Sinabi ng lingkod
ni Saul sa kanya, “Tingnan mo, isang masamang espiritu
mula sa Diyos ang bumabagabag sa iyo. 16 Hayaang
mo na ang aming panginoon ang mag-utos sa iyong mga
alipin na nasa iyong harapan na humanap ng isang taong
may kasanayang tumugtog ng alpa. At kapag nasa iyo
ang masamang espiritu na mula sa Diyos, patutugtugin
niya ito at bubuti ang pakiramdam mo.” 17 Sinabi ni Saul
sa kanyang mga lingkod, “Maghanap kayo para sa akin
ng makakatugtog nang mabuti at dalhin siya sa akin.” 18
Pagkatapos isa sa mga binata ang sumagot, at sinabi,
“Nakita ko ang anak na lalaki ni Jesse na taga-Bethlehem,
na bihasa sa panunugtog, isang malakas, matapang na
lalaki, isang lalaking mandirigma, matalino sa pananalita,
isang makisig na lalaki; at kasama niya si Yahweh.” 19
Kaya't nagpadala ng mga mensahero si Saul kay Jesse, at
sinabi, “Ipadala mo sa akin ang anak mong si David, na
kasama ng mga tupa.” 20 Kumuha si Jesse ng isang asnong
may kargang tinapay, isang sisidlan ng alak, at isang batang
kambing, at ipinadala sila sa pamamagitan ng kanyang anak
na si David kay Saul. 21 Pagkatapos pumunta si David kay
Saul at naglingkod sa kanya. Labis siyang minahal ni Saul,
at siya ay naging tagadala ng kanyang baluti. 22 Ipinasabi
ni Saul kay Jesse, “Hayaang mong tumayo si David sa
harapan ko, sapagkat nakasumpong siya ng biyaya sa aking
paningin.” 23 Sa tuwing na kay Saul ang masamang espiritu
na mula sa Diyos, kinukuha ni David ang alpa at tinutugtog
ito. Kaya nagiginhawahan si Saul at bumubuti, at aalis sa
kanya ang masamang espiritu.

**17** Ngayon tinipon ng mga Filisteo ang kanilang mga
hukbo para sa labanan. Nagtipon sila sa Soco, na
nabibilang sa Juda. Nagkampo sila sa pagitan ng Soco at
Azeka, sa Epesdammim. 2 Nagtipon at nagkampo si Saul at
ang kalalakihan ng Israel sa lambak ng Ela, at nagsihanay
upang makipaglaban sa mga Filisteo. 3 Nakatayo ang mga
Filisteo sa isang bundok sa kabilang dako at nakatayo
naman ang mga Israelita sa isang bundok sa kabilang
dako na may isang lambak ang nakapagitan sa kanila. 4
Isang malakas na tao ang lumabas mula sa kampo ng
mga Filisteo, isang taong nagngangalang Goliat na mula sa
Gat, na ang tangkad ay anim na kubit at isang dangkal. 5
Mayroon siyang isang salakot na tanso sa kanyang ulo, at
nasusuutan siya ng isang baluti sa katawan. Tumitimbang
ang baluti ng limang libong siklong tanso. 6 Mayroon siyang
tansong baluti sa kanyang mga binti at isang sibat na tanso
sa pagitan ng kanyang mga balikat. 7 At ang hawakan ng
kanyang sibat ay malaki, na may isang silong panghabi
para sa paghahagis nito gaya ng tali sa isang panghabi
ng manghahabi. Tumitimbang ang ulo ng kanyang sibat
ng anim na raang siklong bakal. Ang kanyang tagadala ng
kalasag ay nauuna sa kanya. 8 Tumayo siya at sumigaw sa
mga hukbo ng Israel, “Bakit kayo lumabas para humanay
sa pakikipaglaban? Hindi ba ako isang Filisteo, at hindi ba
kayo mga lingkod ni Saul? Pumili kayo ng isang lalaki para
sa inyong sarili at hayaan siyang bumaba rito sa akin. 9
Kung kaya niya akong labanan at mapatay ako, sa gayon

magiging mga alipin ninyo kami. Ngunit kung matalo at
mapatay ko siya, sa gayon magiging mga lingkod namin
kayo at maglingkod sa amin." 10 Muling sinabi ng Filisteo,
"Hinahamon ko ang mga hukbo ng Israel ngayon. Bigyan
ninyo ako ng isang tao para makapaglaban kami." 11 Nang
marinig ni Saul at ng buong Israel ang sinabi ng Filisteo,
pinanghinaan sila ng loob at labis na natakot. 12 Ngayon
si David ay anak ng Efrateo ng Betlehem sa Juda, na
nagngangalang Jesse. Mayroong siyang walong anak na
lalaki. Isang matandang lalaki si Jesse sa panahon ni Saul,
higit sa gulang sa mga kalalakihan. 13 Sumunod ang tatlong
anak ni Jesse kay Saul sa pakikipaglaban. Ang pangalan
ng tatlong anak niyang lalaki na sumama sa labanan ay
sina Eliab ang panganay, pangalawa sa kanya si Abinadab,
at ang pangatlo ay si Shamma. 14 Si David ang bunso.
Sumunod kay Saul ang tatlong pinakamatanda. 15 Ngayon
nagpapabalik-balik si David sa pagitan ng hukbo ni Saul at
ng mga tupa ng kanyang ama sa Betlehem, upang pakainin
ang mga ito. 16 Lumalapit sa umaga at gabi ang malakas na
taong Filisteo sa loob ng apatnapung araw upang iharap
ang kanyang sarili sa labanan. 17 Pagkatapos sinabi ni
Jesse sa kanyang anak na si David, "Dalahan mo ang
iyong mga kapatid ng epa ng butil na sinangag at itong
sampung tinapay at dalhin agad ang mga ito sa kampo
para sa iyong mga kapatid mo. 18 Dalahin mo din ang
sampung kesong ito sa kapitan ng kanilang libo. Tingnan mo
kung ano ang kalagayan ng iyong mga kapatid na lalaki
at magdala ka pabalik ng ilang patunay na mabuti ang
kanilang kalagayan. 19 Kasama ni Saul ang iyong mga
kapatid at lahat ng kalalakihan ng Israel sa lambak ng
Ela, na nakikipaglaban sa mga Filisteo." 20 Bumangon si
David ng maaga kinaumagahan at iniwan ang kawan ng
tupa sa pangangalaga ng isang pastol. Kinuha niya ang
mga gamit at umalis, gaya ng iniutos ni Jesse sa kanya.
Pumunta siya sa kampo habang lumalabas ang hukbo sa
larangan ng digmaan na isinisigaw ang sigaw pandigma. 21
At nagsihanay ang Israel at mga Filisteo para sa labanan,
hukbo laban sa hukbo. 22 Iniwan ni David ang kanyang
mga dala sa tagapag-ingat ng mga gamit, tumakbo sa mga
hukbo, at binati ang kanyang mga kapatid. 23 Habang
nakikipag-usap siya sa kanila, lumabas mula sa hukbo ng
Filisteo ang isang malakas na tao, ang taga-Filisteo ng Gat,
na Goliat ang pangalan, at sinabi ang ganoon ding mga
salita. 24 At narinig ni David ang mga ito. Nang makita
ng lahat ng kalalakihan ng Israel ang lalaki, tumakas sila
mula sa kanya at takot na takot sila. 25 Sinabi ng mga
kalalakihan ng Israel, "Nakita ba ninyo ang taong dumating
dito? Naparito siya upang hamunin ang Israel. At bibigyan
ng hari ng maraming kayamanan ang taong makakapatay sa
kanya, ibibigay sa kanya ang kanyang anak na babae para
mapangasawa, at hindi na pababayarin ang sambahayan
ng kanyang ama mula sa pagpapabuwis sa Israel." 26
Sinabi ni David sa mga kalalakihang nakatayo sa tabi niya,
"Ano ang gagawin sa taong makakapatay sa Filisteong ito
at mag-aalis ng kahihiyan mula sa Israel? Sino ang hindi
tuling Filisteo ito na humahamon sa mga hukbo ng buhay
na Diyos?" 27 Pagkatapos inulit ng mga tao kung ano ang
kanilang sinasabi at sinabihan siya, "Ganito ang gagawin
sa taong makakapatay sa kanya." 28 Narinig ng kanyang
pinakamatandang kapatid na si Eliab nang nakipag-usap
siya sa mga kalalakihan. Nag-alab ang galit ni Eliab laban
kay David, at sinabi niya, "Bakit ka pumunta dito? Kanino
mo iniwan ang ilang tupa na nasa desyerto? Alam ko ang
iyong pagmamataas, at ang katusuhan sa iyong puso; dahil
pumunta ka dito upang makita mo ang labanan." 29 Sinabi ni
David, "Ano ang nagawa ko ngayon? Hindi ba isang tanong
lang iyon?" 30 Tumalikod siya sa kanya tungo sa iba, at
nagsalita sa ganoon ding paraan. Sumagot ang mga tao ng
parehong bagay gaya ng kanina. 31 Nang marinig ang mga
salitang sinabi ni David, inulit ng mga sundalo ang mga ito
kay Saul, at ipinatawag niya si David. 32 Pagkatapos sinabi ni
David kay Saul, "Hayaang walang puso ang mabigo dahil sa
Filisteong iyon; pupunta ang iyong lingkod at makikipaglaban
sa Filisteong ito." 33 Sinabi ni Saul kay David, "Hindi mo
kayang pumunta sa Filisteong iyon para makipaglaban sa
kanya; sapagkat isang kabataan ka lamang, at isa siyang
taong mandirigma mula sa kanyang kabataan." 34 Pero
sinabi ni David kay Saul, "Isang tagapangalaga ng tupa
ng kanyang ama ang iyong lingkod. Kapag dumating ang
isang leon o oso at kinuha ang isang kordero sa kawan,
35 hinahabol ko ito at sinasalakay ito, at inililigtas ito mula
sa kanyang bibig. At kapag lumaban ito sa akin, hinuhuli
ko ito sa kanyang balbas, hinahampas at pinapatay ito. 36
Parehong pinatay ng iyong lingkod ang isang leon at isang
oso. Ang hindi tuling Filisteong ito ay magiging tulad ng isa
sa kanila, yamang hinahamon niya ang mga hukbo ng buhay
na Diyos." 37 Sinabi ni David, "Iniligtas ako ni Yahweh mula
sa pangalmot ng leon at mula sa pangalmot ng oso. Ililigtas
niya ako mula sa kamay ng Filisteong ito." Pagkatapos sinabi
ni Saul kay David, "Humayo ka, at sumaiyo nawa si Yahweh."
38 Dinamitan ni Saul si David ng kanyang baluti. Inilagay niya
ang isang turbanteng tanso sa kanyang ulo, at dinamitan
niya siya ng isang baluti sa katawan. 39 Ibinigkis ni David
ang kanyang espada sa kanyang baluti. Pero hindi na siya
makalakad, dahil hindi siya nasanay sa mga ito. Pagkatapos
sinabi ni David kay Saul, "Hindi ako makakalaban gamit
ang mga ito, sapagka't hindi ako nasanay sa mga ito." Kaya
hinubad ni David ang mga ito. 40 Kinuha niya ang kanyang

tungkod at pumili ng limang makinis na bato mula sa batis;
inilagay niya ang mga ito sa kanyang supot pangpastol.
Nasa kanyang kamay ang kanyang tirador habang lumalapit
siya sa Filisteo. **41** Dumating ang Palestina at lumapit
kay David, kasama ang tagadala ng kanyang kalasag sa
kanyang harapan. **42** Nang tumingin sa palibot ang Palestina
at nakita si David, kinamuhian niya siya, sapagka't isa
lamang siyang bata, at malusog na may isang magandang
anyo. **43** Pagkatapos sinabi ng Palestina kay David, "Isa
ba akong aso, na pumarito kang may dalang tungkod?" At
isinumpa ng Palestina si David sa pamamagitan ng kanyang
mga diyos. **44** Sinabi ng Filisteo kay David, "Lumapit ka
sa akin, at ibibigay ko ang iyong laman sa mga ibon sa
kalangitan at sa mga mababanigs na hayop ng parang." **45**
Sumagot si David sa Filisteo, "Pumarito ka sa akin na may
isang espada, isang sibat, at isang mahabang sibat. Ngunit
pumarito ako sa iyo sa pangalan ni Yahweh ng mga hukbo,
ang Diyos ng mga hukbo ng Israel, na iyong kinamumuhian.
**46** Ngayon, bibigyan ako ni Yahweh ng tagumpay laban
sa iyo, at papatayin kita at aalisin ang iyong ulo mula
sa iyong katawan. Ngayon ibibigay ko ang mga patay na
katawan ng hukbong Filisteo sa mga ibon ng kalangitan at
sa mababangis na mga hayop ng mundo, upang malaman
ng lahat ng mundo na may Diyos ang Israel, **47** at upang
malaman ng lahat ng nagtitipong ito na hindi nagbibigay ng
tagumpay si Yahweh gamit ang espada o sibat. Sapagka't
ang pakikipaglaban ay kay Yahweh, at ibibigay niya kayo sa
aming mga kamay." **48** Nang tumayo ang Filisteo at lumapit
kay David, sa gayon tumakbo ng mabilis si David patungo
sa hukbo ng mga kaaway upang salubungin siya. **49** Isinuot
ni David ang kanyang kamay sa kanyang supot, kumuha ng
isang bato mula rito, tinirador ito, at tinamaan ang Filisteo
sa kanyang noo. Bumaon ang bato sa noo ng Filisteo, at
sumubsob ang kanyang mukha sa lupa. **50** Tinalo ni David
ang ang Palestina gamit ang isang tirador at isang bato.
Tinamaan niya ang ang Palestina at pinatay siya. Walang
espada sa kamay ni David. **51** Pagkatapos tumakbo si David
at tumayo sa ibabaw ng Palestina at kinuha ang kanyang
espada, binunot sa lagayan ng kaniyang espada, pinatay
siya, at pinugot ang kanyang ulo gamit ito. Nang makita ng
mga Filisteo na patay na ang kanilang malakas na lalaki,
tumakas sila. **52** Pagkatapos sumigaw ang mga kalalakihan
ng Israel at Juda, at hinabol nila ang mga Filisteo hanggang
sa lambak at mga tarangkahan ng Ekron. Nakahandusay
ang mga patay na Filisteo sa daan patungong Shaaraim,
hanggang sa Gat at sa Ekron. **53** Bumalik ang mga tao ng
Israel mula sa pagtugis sa mga Filisteo, at ninakawan ang
kanila kampo. **54** Kinuha ni David ang ulo ng Filisteo at
dinala ito sa Jerusalem, ngunit nilagay niya ang kanyang
baluti sa kanyang tolda. **55** Nang makita ni Saul si David na
lumabas laban sa mga Filisteo, sinabi niya kay Abner, ang
kapitan ng hukbo, "Abner, kaninong anak ang binatang ito?"
Tumugon si Abner, "Habang nabubuhay ka, hari, hindi ko
alam." **56** Sinabi ng hari, "Tanungin ninyo kung sino ang
maaaring nakakaalam, kung kaninong anak ang binata."
**57** Nang makabalik si David mula sa pagpatay sa Filisteo,
pinuntahan siya ni Abner at dinala sa harapan ni Saul na
dala ang ulo ng Palestina sa kanyang kamay. **58** Sinabi ni
Saul sa kanya, "Kaninong anak ka, binata?" At sumagot
si David, "Anak ako ng iyong lingkod na si Jesse na taga-
Bethlehem."

**18** Nang matapos siyang makipag-usap kay Saul, ibinigkis
ang kaluluwa ni Jonatan sa kaluluwa ni David, at
minahal ni Jonatan si David bilang kanyang sariling kaluluwa.
**2** Kinuha ni Saul si David na maglingkod sa kanya sa araw
na iyon; hindi niya siya hinayaang bumalik sa bahay ng
kanyang ama. **3** Pagkatapos gumawa ng pakikipagkaibigang
kasunduan sina Jonatan at David dahil minahal siya ni
Jonatan na parang kanyang sariling kaluluwa. **4** Hinubad ni
Jonatan ang kanyang balabal na kanyang isinuot at ibinigay
ito kay David kasama nang kanyang sandata, kanyang
espada, pana at sinturon. **5** Pumupunta si David saan
man siya ipadala ni Saul at nagtatagumpay siya. Itinalaga
siya ni Saul bilang pinuno sa kalalakihang mandirigma.
Nakakalugod ito sa paningin ng lahat ng tao at sa paningin
din ng mga lingkod ni Saul. **6** Sa kanilang pag-uwi mula sa
pagtalo sa mga Filisteo, pumunta ang mga kababaihang
nagmula sa lahat ng lungsod ng Israel, na nag-aawitan at
nagsasayawan, para salubungin si Haring Saul, na may
tamburin, kagalakan, at mga instrumentong pangmusika. **7**
Nag-aawitan ang kababaihan habang tumutugtog; inawit
nila: "Pinatay ni Saul ang kanyang libu-libo, at si David
ang kanyang sampung libo." **8** Galit na galit si Saul at
hindi nakalugod sa kanya ang awiting ito. Sinabi niya,
"Ipinagpalagay nila kay David ang sampung libo, pero ang
ipinagpalagay nila sa akin ay libu-libo lamang. Ano pa ang
kanyang makukuha kundi ang kaharian?" **9** At patuloy na
minasdan ni Saul si David na may paghihinala mula sa
araw na iyon. **10** Kinabukasan sumugod ang mapanirang
espiritu kay Saul mula sa Diyos. At nagsisigaw siya sa
loob ng bahay. Kaya tumugtog si David ang kaniyang
instrumento, gaya ng kanyang ginagawa bawat araw. Hawak
ni Saul ang sibat sa kanyang kamay. **11** Inihagis ni Saul
ang sibat, sapagkat iniisip niya, "Aking itutusok si David
sa dingding." Ngunit tumakas si David mula sa presensiya
ni Saul dalawang ulit sa ganitong paraan. **12** Natakot si
Saul kay David, dahil kasama niya si Yahweh, ngunit hindi
na kasama ni Saul. **13** Kaya pinaalis siya ni Saul mula sa

kanyang presensiya at hinirang siya na isang kumander
ng isang libo. Sa ganitong paraan, lumalabas si David at
pumupunta sa mga tao. 14 Sumasagana si David sa lahat ng
kanyang paraan, sapagkat kasama niya si Yahweh. 15 Nang
makita ni Saul na sumagana siya, tumayo siya nang may
pagkamangha sa kanya. 16 Pero minahal ng buong Israel at
Juda si David dahil lumalabas siya at pumunta sa kanilang
harapan. 17 Pagkatapos sinabi ni Saul kay David, “Narito
ang aking panganay na anak na babae, si Merab. Ibibigay ko
siya sa iyo bilang asawa. Magpakatapang ka lamang para
sa akin at lumaban sa labanan ni Yahweh.” Sapagkat inisip
ni Saul, “Huwag hayaang pagbuhatan ko siya ng kamay,
ngunit hayaang pagbuhatan siya ng kamay ng mga taga-
Filisteo.” 18 Sinabi ni David kay Saul, “Sino ako? At ano ang
aking buhay, o pamilya ng aking ama sa Israel, na dapat
akong maging manugang ng hari?” 19 Ngunit sa panahon
nang si Merab, ang anak na babae ni Saul, ay dapat ibinigay
sana kay David, ibinigay siya bilang asawa kay Adreil na
taga-Meholat. 20 Pero minahal ni Mical, na anak na babae ni
Saul si David. Sinabihan nila si Saul at nakalugod ito sa
kanya. 21 Pagkatapos inisip ni Saul, “Ibibigay ko siya sa
kanya, upang siya'y maging bitag sa kanya, at upang ang
kamay ng mga taga-Filisteo ay maging laban sa kanya.”
Kaya sinabi ni Saul kay David sa pangalawang pagkakataon,
“Ikaw ang aking magiging manugang na lalaki.” 22 Inutusan
ni Saul ang kanyang mga lingkod, “Palihim ninyong kausapin
si David at sabihin, 'Tingnan mo, kinasisiyahan ka ng hari,
at mahal ka ng lahat niyang mga lingkod. Ngayon nga,
magiging manugang na lalaki ka ng hari.'” 23 Kaya sinabi
ng mga lingkod ni Saul kay David ang mga salitang ito. At
sinabi ni David, “Maliit na bagay lang ba sa inyo ang maging
manugang ng hari, yamang isa akong dukha, at kaunti ang
kabuluhan?” 24 Iniulat ng mga lingkod ni Saul ang mga
salitang ito na sinabi ni David. 25 At sinabi ni Saul, “Ganito
ang inyong sasabihin kay David, 'Hindi naghahangad ang
hari ng anumang dote, isang daang pinagtulian ng mga
Filisteo lamang, upang mapaghigantihan ang mga kaaway
ng hari.'” Ngayon iniisip ni Saul na mahulog si David sa
kamay ng mga Filisteo. 26 Nang sinabi ng mga lingkod
ang mga salitang ito kay David, nakalugod ito kay David
na maging manugang ng hari. 27 Bago lumipas ang mga
araw na iyon, humayo si David kasama ang kanyang mga
tauhan at pumatay ng dalawang daang Filisteo. Dinala ni
David ang kanilang pinagtulian, at ibinigay ang mga ito ng
buong bilang sa hari, upang maging manugang siya ng hari.
Kaya ibinigay ni Saul ang kanyang anak na si Mical sa
kanya bilang asawa. 28 At nakita at nalaman ni Saul na si
Yahweh ay kasama ni David. Minahal siya ni Mical, ang
anak na babae ni Saul. 29 Mas lalong natakot si Saul kay
David. Patuloy na naging kaaway ni Saul si David. 30 Kaya
lumabas ang mga prinsipe ng Filisteo para sa digmaan, at
sa tuwing lumalabas sila, nagtatagumpay si David kaysa sa
lahat na mga lingkod ni Saul, kaya ang kanyang pangalan
ay binigyan ng mataas na paggalang.

**19** Sinabi ni Saul sa kanyang anak na si Jonatan at sa
lahat ng kanyang mga lingkod na kailangan nilang
patayin si David. Pero nalugod ng labis si Jonatan kay
David, anak na lalaki ni Saul. 2 Kaya sinabi ni Jonatan
kay David, “gusto kang patayin ng aking amang si Saul.
Kaya maging handa sa umaga at magtago sa isang lihim
na lugar. 3 Lalabas ako at tatayo sa tabi ng aking ama sa
bukirin kung nasaan ka, at makikipag-usap ako sa aking
ama tungkol sa iyo. Kung may malaman akong anumang
bagay, sasabihin ko sa iyo.” 4 Nagsalita ng magandang
bagay si Jonatan patungkol kay David sa kanyang ama
na si Saul at sinabi sa kanyang, “Huwag mong hayaang
magkasala ang hari laban sa kanyang lingkod na si David.
Sapagkat hindi siya nagkasala laban sa iyo, at nagdala
ng kabutihan sa iyo ang kanyang mga gawa. 5 Sapagkat
ipinagsapalaran niya ang kanyang buhay at pinatay ang
taga-Filisteo. Nagdala ng malaking tagumpay si Yahweh
para sa buong Israel. Nakita mo ito at nagalak ka. Bakit ka
magkakasala laban sa walang salang dugo sa pamamagitan
ng pagpatay kay David nang walang dahilan?” 6 Nakinig si
Saul kay Jonatan. Sumumpa si Saul, “Habang nabubuhay si
Yahweh, hindi ko siya papatayin.” 7 Pagkatapos tinawag ni
Jonatan si David, sinabi ni Jonatan ang lahat ng mga bagay
na ito. Dinala ni Jonatan si David kay Saul, at nasa piling
niya siya tulad ng dati. 8 At may digmaan muli. Humayo
si David at nakipaglaban sa mga Filisteo at tinalo sila sa
isang matinding patayan. Tumakas sila sa kanya. 9 Isang
mapaminsalang espiritu mula kay Yahweh ang pumunta
kay Saul habang nakaupo siya sa kanyang tahanan na
may sibat sa kanyang kamay, at habang nagpapatugtog
si David ng kanyang panugtog. 10 Sinubukang itusok ni
Saul si David sa pader gamit ang sibat, ngunit nakaalis siya
mula sa presensiya ni Saul, kaya naitusok ni Saul ang sibat
sa pader. Lumayo at tumakas si David ng gabing iyon. 11
Nagpadala si Saul ng mga mensahero sa sambahayan ni
David upang bantayan siya ng sa ganun maaari niya siyang
mapatay sa umaga. Sinabi sa kanya ni Mical, asawa ni
David, “Kung hindi mo ililigtas ang iyong sarili ngayong gabi,
bukas mapapatay ka.” 12 Kaya pinababa ni Mical si David
sa bintana. Umalis siya at lumayo at tumakas. 13 Kumuha si
Mical ng isang sambahayang diyus-diyosan at nilagay ito sa
kama. Pagkatapos naglagay siya ng isang unan na gawa sa
buhok ng kambing sa ulunan nito, at tinakpan ito gamit ang
mga damit. 14 Nang magpadala si Saul ng mga mensahero

para kunin si David, sinabi niyang, “May sakit siya.” 15
Pagkatapos nagpadala si Saul ng mga mensahero upang
tingnan si David; sinabi niya, “Dalhin ninyo siya sa akin sa
kama, upang mapatay ko siya.” 16 Nang pumasok ang mga
mensahero, masdan, nasa kama ang sambahayang diyus-
diyosan kasama ng unan na buhok ng kambing sa uluhan
nito. 17 Sinabi ni Saul kay Mical, “Bakit mo ako nilinlang
at hinayaang umalis ang aking kaaway, kaya nakatakas
siya?” Sinagot ni Mical si Saul, “Sinabi niya sa akin, 'Hayaan
akong makaalis. Bakit kailangan kitang patayin?'” 18 Ngayon
lumayo si David at tumakas, at nagtungo kay Samuel sa
Rama at sinabi sa kanya ang lahat ng ginawa ni Saul sa
kanya. Pagkatapos nagtungo at nanatili siya at si Samuel sa
Naiot. 19 Sinabi ito kay Saul, na sinasabing, “Tingnan mo,
nasa Naiot si David sa Rama.” 20 Pagkatapos nagpadala
si Saul ng mga mensahero upang hulihin si David. Nang
makita nila ang samahan ng mga propetang nanghuhula, at
tumatayo si Samuel bilang kanilang pinuno, nagtungo ang
Espiritu ng Diyos sa mga mensahero ni Saul, at nanghula
din sila. 21 Nang masabihan si Saul nito, nagpadala siya ng
ibang mga mensahero at nanghula din sila. Kaya nagpadala
muli si Saul ng mga mensahero sa ikatlong pagkakataon, at
nanghula din sila. 22 Pagkatapos nagtungo din siya sa Rama
at dumating sa malalim na balon na nasa Secu. Tinanong
niya, “Nasaan sina Samuel at David?” Mayroong nagsabing,
“Tingnan, nasa Naiot sila sa Rama.” 23 Nagpunta si Saul
sa Naiot sa Rama. At dumating din ang Espiritu ng Diyos
sa kanya, at nanghula siya sa pagpunta niya, hanggang
sa makabalik siya sa Naiot sa Rama. 24 At inalis niya din
ang kanyang mga damit, at nanghula din siya sa harapan ni
Samuel at humigang hubad sa buong araw at buong gabing
iyon. Dahil dito sinabi nilang, “Kabilang na din ba si Saul sa
mga propeta?”

**20** Pagkatapos tumakas si David mula Naiot sa Rama at
dumating at sinabi kay Jonatan, “Ano ang nagawa ko?
Ano ang aking kasamaan? Ano ang kasalanan ko sa harap
ng iyong ama, na gustong kunin ang aking buhay?” 2 Sinabi
ni Jonatan kay David, “Malayong mangyari iyon; hindi ka
mamamatay. Walang ginawa ang aking ama malaki man o
maliit na hindi sinasabi sa akin. Bakit kailangang itago ng
aking ama ang bagay na ito mula sa akin? Hindi ganoon.” 3
Gayunman nangako muli si David at sinabing, “Alam na
alam ng iyong ama na nakasumpong ako ng pabor sa iyong
paningin. Nasabi niyang, 'Huwag hayaang malaman ito ni
Jonatan, o magluluksa siya.' Ngunit tunay nga na habang
nabubuhay si Yahweh, at habang nabubuhay ka, may
isang hakbang lamang sa pagitan ko at ng kamatayan.” 4
Pagkatapos sinabi ni Jonatan kay David, Anuman ang sabihin
mo, gagawin ko para sa iyo.” 5 Sinabi ni David kay Jonatan,
“Bukas ang bagong buwan at kailangan kong umupo para
kumain kasama ng hari. Ngunit hayaan mo akong makaalis
upang makapagtago ako sa bukirin hanggang sa ikatlong
araw nang gabi. 6 Kung talagang nangungulila ang ama
mo sa akin, sa gayon, sabihin mo, 'Taimtim na humingi ng
pahintulot na umalis si David sa akin upang makatakbo siya
sa Bethlehem na kanyang lungsod; dahil taon ng pag-aalay
ngayon doon para sa buong pamliya.' 7 Kung sasabihin
niyang, 'Mabuti iyon,' magkakaroon ng kapayapaan ang
iyong lingkod. Ngunit kung sobrang galit siya, kung ganoon,
nakapagpasiya na siya sa kasamaan. 8 Kaya makitungo ka
ng may kabutihan sa iyong lingkod sa tipan ni Yahweh sa
iyo. Pero kung may kasalanan ka sa akin, ikaw mismo ang
pumatay sa akin; sapagkat bakit mo naman ako dadalhin
sa iyong ama?” 9 Sinabi ni Jonatan, “Malayo nawa ito
sa iyo! Kung malalaman kong ipinasya ng aking ama na
dumating sa iyo ang kapahamakan, hindi ko ba sasabihin sa
iyo?” 10 Pagkatapos sinabi ni David kay Jonatan, “Sino ang
magsasabi sa akin kung may pagkakataon na sagutin ka ng
iyong ama ng magaspang?” 11 Sinabi ni Jonatan kay David,
“Halika, magtungo tayo palabas ng bukirin.” At sabay silang
lumabas ng bukirin. 12 Sinabi ni Jonatan kay David, “Maging
saksi nawa si Yahweh, ang Diyos ng Israel. Kapag tinanong
ko ang aking ama sa mga panahong ito bukas o sa ikatlong
araw, kung may magandang kalooban kay David, hindi ko
ipapadala at ipaalam ito sa iyo? 13 Kung makakalugod sa
aking ama na saktan ka, gawin nawa ni Yahweh kay Jonatan
at mas higit pa din kung hindi ko ipapaalam ito sa iyo at
papaalisin kita, upang makahayo ka nang payapa. Sumaiyo
nawa si Yahweh, gaya ng kasama niya ang aking ama. 14
Kung buhay pa rin ako, hindi mo ba ipapakita sa akin ang
tipan ng katapatan ni Yahweh, upang hindi ako mamatay?
15 At huwag mong tuluyang putulin ang iyong tipan ng
katapatan mula sa aking bahay, nang dapat pinutol na ni
Yahweh ang bawat isa sa mga kalaban ni David mula sa
balat ng lupa.” 16 Kaya gumawa si Jonatan ng isang tipan sa
bahay ni David at sinabing, “Mangailangan nawa si Yahweh
ng isang pagtatala mula sa kamay ng mga kalaban ni David.”
17 Ipinagawa muli ni Jonatan si David ng pangako dahil sa
pagmamahal na mayroon siya sa kanya, dahil minahal niya
siya gaya ng pagmamahal niya sa kanyang sariling kaluluwa.
18 Pagkatapos sinabi ni Jonatan sa kanya, “Bagong buwan
bukas. Hahanapin ka dahil walang uupo sa iyong upuan.
19 Kapag nakapanatili ka na ng tatlong araw, bumaba ng
mabilisan at pumunta sa lugar kung saan ka nagtago noong
nangyari ang usapin at manatili sa may bato ng Ezel. 20
Papana ako ng tatlong palaso sa gilid nito, na para bang
pumapana ako sa isang patamaan. 21 At ipapadala ko
ang aking binata at sabihin sa kanyang, 'Humayo kayo at

hanapin ang mga palaso.' Kung sasabihin ko sa binatang,
'Tingnan ninyo, nasa gilid mo ang mga palaso; kunin ang
mga ito," pagkatapos pumarito kayo; dahil magkakaroon
ng kaligtasan para sa iyo at hindi kapahamakan, habang
nabubuhay si Yahweh. 22 Ngunit kung sasabihin ko sa
binatang, 'Tingnan mo, nasa likod mo ang mga palaso,' kung
ganoon humayo sa iyong pupuntahan, dahil pinaalis ka ni
Yahweh. 23 Para naman sa usapang nagsalita ka at ako,
tingnan mo, nasa pagitan natin si Yahweh magpakailanman.'"
24 Kaya itinago ni David ang kanyang sarili sa bukirin. Noong
dumating ang bagong buwan, umupo ang hari para kumain
ng pagkain. 25 Umupo ang hari sa kanyang upuan, gaya
ng dati, sa upuan sa may pader. Tumayo si Jonatan at
umupo si Abner sa tabi ni Saul. Ngunit walang nakaupo sa
lugar ni David. 26 Gayunman walang sinabing anumang
bagay si Saul sa araw na iyon dahil inisip niyang, "May
nangyari sa kanya. Hindi siya malinis; tiyak na hindi siya
malinis." 27 Ngunit sa ikalawang araw, ang araw matapos
ang bagong buwan, walang nakaupo sa upuan ni David.
Sinabi ni Saul sa kanyang anak na lalaking si Jonatan,
"Bakit hindi dumating sa kainan ang anak na lalaki ni Jesse,
maging kahapon o ngayon?" 28 Sumagot si Jonatan kay
Saul, "taimtim na humingi ng pahintulot si David mula sa
akin na makapunta sa Bethlehem. 29 Sinabi niya, 'Pakiusap
hayaan akong makaalis. Dahil may pag-aalay ang aming
pamilya sa lungsod at inutusan ako ng aking kapatid na lalaki
na pumaroon. Ngayon, kung nakasumpong ako ng pabor sa
iyong paningin, pakiusap hayaan akong makaalis at makita
ang aking mga kapatid na lalaki.' Sa kadahilanang ito hindi
siya pumunta sa mesa ng hari." 30 Pagkatapos nag-alab
ang galit ni Saul laban kay Jonatan at sinabi niya sa kanya,
"Ikaw na anak ng isang tampalasan, suwail na babae! Hindi
ko ba alam na pinili mo ang anak na lalaki ni Jesse sa sarili
mong kahihiyan at sa kahihiyan ng kahubaran ng iyong ina?
31 Dahil habang nabubuhay sa mundo ang anak na lalaki
ni Jesse, hindi ikaw ni ang iyong kaharian ang maitatatag.
Ngayon, ipadala mo siya at dalhin mo siya sa akin sapagkat
tiyak na dapat siyang mamatay." 32 Sinagot ni Jonatan
si Saul na kanyang ama, "Sa anong kadahilanan dapat
siyang ipapatay? Ano ang kanyang nagawa?" 33 Pagkatapos
hinagis ni Saul ang kanyang sibat upang patayin siya. Kaya
alam ni Jonatan na gustong-gustong ipapatay ng kanyang
ama si David. 34 Tumayo si Jonatan sa mesa na sobrang
galit at hindi kumain ng pagkain sa ikalawang araw ng buwan
dahil nagluksa siya para kay David dahil hindi siya ginalang
ng kanyang ama. 35 Kinaumagahan, lumabas si Jonatan
papunta sa bukirin sa tipanan kay David at isang binata ang
kasama niya. 36 Sinabi niya sa kanyang binata, "Tumakbo
ka at hanapin ang mga palasong ipinana ko." At sa pagtakbo
ng binata, pumana siya ng isang palaso sa unahan niya. 37
Nang dumating ang binata sa lugar kung saan nahulog ang
palaso na pinana ni Jonatan, tinawag ni Jonatan ang binata
at sinabing, "Hindi ba nasa unahan mo ang palaso?" 38 At
tinawag ni Jonatan ang binata, "Magmadali ka, bilisan mo,
huwag kang tumigil!" Kaya tinipon ng binata ni Jonatan ang
mga palaso at pumunta sa kanyang panginoon. 39 Ngunit
walang alam ang binata sa anumang bagay. Tanging sina
Jonatan at David ang nakakaalam ng bagay. 40 Binigay
ni Jonatan ang kanyang mga sandata sa kanyang binata
at sinabi sa kanyang, "Humayo ka, dalhin ang mga ito sa
lungsod." 41 Pagkaalis na pagkaalis ng binata, tumayo si
David mula sa likod ng isang tambak ng lupa, nagpatirapa
sa lupa at yumuko ng tatlong beses. Hinalikan nila ang isa't-
isa at magkasamang umiyak, na si David ang mas malakas
ang pag-iyak. 42 Sinabi ni Jonatan kay David, "Humayo ka
ng payapa, dahil pareho tayong nangako sa pangalan ni
Yahweh at sinabing, 'Pumagitna nawa si Yahweh sa iyo at
sa akin at sa pagitan ng aking mga kaapu-apuhan at iyong
mga kaapu-apuhan, magpakailanman.'" Pagkatapos tumayo
si David at umalis at bumalik si Jonatan sa lungsod.

21 Pagkatapos dumating si David sa Nob upang makita
si Ahimelec na pari. Dumating si Ahimelec upang
makipagkita kay David na nanginginig at sinabi sa kanyang,
"Bakit ka nag-iisa at walang kasama?" 2 Sinabi ni David kay
Ahimelec na pari, "Ipinadala ako ng hari para sa misyon at
sinabi sa akin, 'Huwag hayaang malaman ninuman ang kahit
anong tungkol sa bagay na ipapadala ko sa iyo at kung ano
ang iniutos ko sa iyo.' Inutusan ko ang mga binata sa isang
tiyak na lugar. 3 Ngayon sa gayon anong mayroon sa iyong
kamay? Bigyan mo ako ng limang hati ng tinapay o kahit
anong narito." 4 Sinagot ng pari si David at sinabing, "Walang
karaniwang tinapay sa ngayon pero mayroong banal na
tinapay—kung iningatan ng mga binata ang kanilang sarili
mula sa mga babae." 5 Sinagot ni David ang pari, "Tiyak na
iniwas ang mga babae mula sa amin sa loob ng tatlong araw
na ito. Nang lumabas ako, inihandog kay Yahweh ang mga
katawan ng mga binata, kahit na karaniwang paglalakbay
iyon. Paano pa kaya ngayon maihahandog pa ba ang mga
katawan nila kay Yahweh?" 6 Kaya ibinigay ng pari sa kanya
ang tinapay na inilaan kay Yahweh. Dahil walang tinapay
doon, tanging ang tinapay lang ng presensiya, na inalis mula
sa harapan ni Yahweh, upang makapaglagay ng mainit na
tinapay kapalit nito kapag inalis na ito. 7 Ngayon naroon ang
isa sa mga lingkod ni Saul sa araw na iyon, katanggap-
tanggap siya sa harap ni Yahweh. Si Doeg na taga-Edom
ang pangalan niya, ang pinuno ng mga pastol ni Saul. 8
Sinabi ni David kay Ahimelec, "Ngayon wala bang alinmang
sibat o espada dito? Sapagkat hindi ko dinala ang aking

espada ni aking mga sandata dahil mabilisan ang usapin ng
hari." 9 Sinabi ng pari, "Ang espada ni Goliat na Pelistina,
na pinatay mo sa lambak ng Ela, ay narito na nakabalot
sa isang tela sa likod ng efod. Kung gusto mong kunin
iyon, kunin mo, dahil wala ng ibang sandata dito." Sinabi ni
David, "Wala ng ibang espada tulad ng isang iyon; ibigay
mo ito sa akin." 10 Tumayo si David at tumakas ng araw
na iyon mula kay Saul at nagpunta kay Aquis na hari ng
Gat. 11 Sinabi ng mga lingkod ni Aquis sa kanya, "Hindi ba
si David ito, ang hari ng lupain? Hindi ba kumakanta sila
sa isa't-isa tungkol sa kanya sa mga sayawan, 'Pinatay ni
Saul ang kanyang libo-libo, at pinatay ni David ang kanyang
sampung libo?'" 12 Isinapuso ni David ang mga salitang ito
at sobrang natakot kay Aquisna hari ng Gat. 13 Binago niya
ang kanyang pag-uugali at nagkunwaring baliw sa harap
nila; gumawa siya ng mga palatandaan sa mga pintuan ng
tarangkahan at hinayaan ang kanyang laway na tumulo sa
kanyang balbas. 14 Pagkatapos sinabi ni Aquis sa kanyang
mga lingkod, "Tingnan ninyo, makikita ninyong baliw ang
lalaki. Bakit ninyo siya dinala sa akin? 15 Kulang na ba
ako sa mga taong baliw, kaya dinala ninyo ang taong ito
upang umastang kagaya nitong nasa piling ko? Talaga bang
papasok ang taong ito sa aking bahay?"

**22** Kaya umalis si David doon at tumakas papunta sa
kuweba ng Adulam. Nang marinig ito ng kanyang mga
kapatid na lalaki at lahat ng nasa bahay ng kanyang ama,
bumaba sila roon sa kanya. 2 Ang bawat isang naghihirap,
bawat isang may nasa pagkakautang, at bawat isang hindi
kuntento—nagtipon silang lahat sa kanya. Naging kapitan si
David sa kanila. Mayroong halos apat na raang kalalakihang
kasama niya. 3 Pagkatapos pumunta si David mula roon
patungo sa Mizpe sa Moab. Sinabi niya sa hari ng Moab,
"Pakiusap hayaan mo ang aking ama at aking inang lumabas
kasama mo hanggang sa malaman ko kung ano ang gagawin
ng Diyos para sa akin." 4 Iniwan niya sila kasama ang hari
ng Moab. Nanatili ang kanyang ama at ina na kasama niya
sa buong panahon na nasa kanyang malakas na tanggulan
si David. 5 Pagkatapos sinabi ng propetang Gad kay David,
"Huwag manatili sa iyong malakas na tanggulan. Umalis ka
at pumunta sa lupain ng Juda." Kaya umalis doon si David
at pumunta sa kagubatan ng Heret. 6 Narinig ni Saul na
natagpuan na si David, kasama ang mga lalaking kasama
niya. Ngayon nakaupo si Saul sa Gibea sa ilalim ng puno
ng tamariska sa Rama na may sibat sa kanyang kamay at
nakatayo ang lahat ng kanyang mga lingkod sa paligid niya.
7 Sinabi ni Saul sa kanyang mga lingkod na nakatayo sa
paligid niya, "Makinig kayo ngayon, bayan ng Benjamin!
Makakapagbigay ba ang bawat isa sa inyong anak na lalaki
ni Jesse ng mga bukirin at mga ubasan? Magagawa ba
niyang gawin kayong lahat na mga kapitan ng libo-libo at
kapitan ng daan-daan, 8 kapalit ninyong lahat na nagbabalak
ng masama laban sa akin? Wala sa inyo ang nagbalita sa
akin nang gumawa ng tipan ang anak kong lalaki sa anak
na lalaki ni Jesse. Wala sa inyo ang nalulungkot para sa
akin. Wala sa inyo ang nagbalita sa akin na inudyukan ng
aking anak ang aking lingkod na si David laban sa akin.
Ngayon nagtatago siya at naghihintay para sa akin para
masalakay niya ako." 9 Pagkatapos si Doeg na taga-Edom
ay tumayo sa tabi ng mga lingkod ni Saul, sumagot siya,
"Nakita ko ang anak na lalaki ni Jesse na pumunta sa Nob
kay Ahimelec na anak na lalaki ni Ahitub. 10 Nanalangin
siya kay Yahweh na tulungan niya siya at binigyan niya
siya ng mga pangangailangan at ang espada ni Goliat na
Filisteo." 11 Pagkatapos nagpadala ang hari ng isang tao
upang ipatawag ang paring si Ahimelec anak na lalaki ni
Ahitub at ng buong sambahayan ng kanyang ama, ang mga
paring nasa Nob. Lahat sila ay nagtungo sa hari. 12 Sinabi ni
Saul, "Makinig ka ngayon, anak na lalaki ni Ahitub." Sumagot
siya, "Narito ako, aking panginoon." 13 Sinabi ni Saul sa
kanya, "Bakit ka nagtangka laban sa akin, ikaw at ang anak
na lalaki ni Jesse, sa ginawa mong pagbibigay sa kanya ng
tinapay at isang espada at nanalangin sa Diyos na tulungan
nawa siya para lumaban sa akin para magtago sa lihim
gaya ng ginawa niya ngayon?" 14 Pagkatapos sumagot si
Ahimelec sa hari at sinabing, "Sino sa inyong lahat na mga
lingkod ang pinakamatapat gaya ni David na manugang ng
hari at nasa ibabaw ng iyong mga bantay at pinararangalan
sa inyong bahay? 15 Ito ba ang unang pagkakataon na
nanalangin ako sa Diyos upang tulungan siya? Malayo nawa
ito mula sa akin! Huwag ninyo hayaan ang haring magpasa
ng kahit anong bagay sa kanyang lingkod o sa lahat ng
nasa bahay ng aking ama. Sapagkat walang alam ang iyong
lingkod sa mga bagay na ito." 16 Sumagot ang hari, "Tiyak
na mamamatay ka, Ahimelec, ikaw at ang buong bahay
ng iyong ama." 17 Sinabi ng hari sa bantay na nakatayo
sa paligid niya, "Bumalik kayo at patayin ang mga pari ni
Yahweh. Dahil na kay David din ang kanilang kamay at
dahil alam nilang tumakas siya ngunit hindi ito sinabi sa
akin." Ngunit hindi mailabas ng mga lingkod ng hari ang
kanilang kamay upang patayin ang mga pari ni Yahweh. 18
Pagkatapos sinabi ng hari kay Doeg, "Bumalik at patayin ang
mga pari." Kaya bumalik si Doeg na taga-Edom at sinalakay
ang mga pari; nakapatay siya ng walumpu't-limang mga tao
na nakasuot ng isang telang efod sa araw na iyon. 19 Sa
pamamagitan ng dulo ng espada sinalakay niya ang Nob,
ang lungsod ng mga pari, kapwa mga lalaki at mga babae,
mga bata at mga sanggol at mga lalaking baka at mga asno
at mga tupa. Pinatay niya silang lahat gamit ang talim ng

espada. 20 Ngunit isa sa mga anak na lalaki ni Ahimelec
anak na lalaki ni Ahitub, na nagngangalang Abiatar, ang
nakatakas at tumakbo kay David. 21 Sinabihan ni Abiatar si
David na pinatay ni Saul ang mga pari ni Yahweh. 22 Sinabi
ni David kay Abiatar, "Alam kong sa araw na iyon, noong
naroon si Doeg na taga-Edom, na siguradong sasabihin niya
kay Saul. May pananagutan ako para sa bawat kamatayan
ng pamilya ng iyong ama! 23 Manatili ka kasama ko at
huwag matakot. Dahil ang nagtatangka sa buhay mo ay
nagtatangka din sa buhay ko. Magiging ligtas ka kasama
ako."

**23** Sinabihan nila si David, "Tingnan mo, nakikipaglaban
ang mga Filisteo laban sa Keila at ninakaw nilavang
mga giikang sahig." 2 Kaya nanalangin si David kay Yahweh
para sa tulong, at tinanong niya siya, "Dapat ba akong
pumunta at salakayin ang mga Filisteong ito?" Sinabi ni
Yahweh kay David, "Pumunta ka at salakayin ang mga
Filisteo at iligtas ang Keila." 3 Sinabi ng mga tauhan ni
David sa kanya, "Tingnan mo, natatakot kami dito sa Juda.
Ano pa kaya kung pupunta tayo sa Keila laban sa mga
hukbo ng mga Filisteo?" 4 Pagkatapos nanalangin pang
muli si David kay Yahweh para sa tulong. Sinagot siya ni
Yahweh, "Tumayo ka, bumaba ka sa Keila. Dahil bibigyan
kita ng tagumpay laban sa mga Filisteo." 5 Pumunta sina
David at mga tauhan niya sa Keila at nakipaglaban sa mga
Filisteo. Tinangay nila ang kanilang mga baka at sinalakay
nila sila ng may matinding patayan. Kaya iniligtas ni David
ang mga naninirahan sa Keila. 6 Nang nakatakas papunta
kay David si Abiatar na anak na lalaki ni Ahimelech sa Keila,
bumaba siya na may isang epod sa kanyang kamay. 7
Sinabihan si Saul na pumunta si David sa Keila. Sinabi ni
Saul, "Ibinigay siya ng Diyos sa aking kamay. Dahil nakulong
siya sapagkat pumasok siya sa isang lungsod na may mga
tarangkahan at mga rehas." 8 Ipinatawag ni Saul ang lahat
ng kanyang hukbo para sa labanan, para bumaba sa Keila,
upang lusubin si David at kanyang mga tauhan. 9 Nalaman
ni David na may masamang balak si Saul laban sa kanya.
Sinabi niya kay Abiatar na pari, "Dalhin mo rito ang epod."
10 Pagkatapos sinabi ni David, "Yahweh, ang Diyos ng Israel,
tunay nga na narinig ng iyong lingkod na hinangad ni Saul na
pumunta sa Keila, upang wasakin ang lungsod alang-alang
sa akin. 11 Maaari bang hulihin ako ng mga kalalakihan
ng Keila at isusuko ako sa kanyang kamay? Maaari bang
bumaba si Saul, gaya ng narinig ng iyong lingkod? Yahweh,
ang Diyos ng Israel, nagmamakaawa ako sa iyo, pakiusap
sabihan mo ang iyong lingkod." Sinabi ni Yahweh, "Bababa
siya." 12 Pagkatapos sinabi ni David, "Isusuko ba ako ng
mga kalalakihan ng Keila at ang aking mga tauhan sa kamay
ni Saul?" Sinabi ni Yahweh, "Isusuko ka nila." 13 Pagkatapos
bumangon si David at ang kanyang halos anim na raang
mga tauhan at umalis mula sa Keila, at pumunta sila mula
sa isang lugar patungo sa ibang lugar. Sinabihan si Saul na
nakatakas si David mula sa Keila, at tumigil siya sa pagtugis.
14 Nanatili si David sa matibay na mga tanggulan sa ilang,
sa maburol na lugar sa ilang ng Zip. Hinahanap siya ni Saul
araw-araw, ngunit hindi siya ibinigay ng Diyos sa kanyang
kamay. 15 Nakita ni David na paparating si Saul para kunin
ang kanyang buhay; ngayon nasa ilang ng Zip sa Hores si
David. 16 Sa gayon bumangon at pinuntahan ni Jonatan
na anak na lalaki ni Saul si David sa Hores, at pinalakas
ang kanyang kamay sa Diyos. 17 Sinabi niya sa kanya,
"Huwag kang matakot. Dahil hindi ka mahahanap ng kamay
ni Saul na aking ama. Magiging hari ka sa Israel, at ako
ang susunod sa iyo. Alam din ito ni Saul na aking ama."
18 Gumawa sila ng isang kasunduan sa harap ni Yahweh.
Nanatili si David sa Hores, at umuwi si Jonatan sa kanyang
tahanan. 19 Pagkatapos pumunta ang mga lahi ni Zip kay
Saul sa Gibea at sinabing, "Hindi ba nagtatago si David sa
matibay na tanggulan sa Hores, sa kaburulan ng Haquila, na
nasa timog ng Jesimon? 20 Ngayon, bumaba ka, hari! Ayon
sa iyong ninanais, bumaba ka! Tungkulin naming isuko siya
sa kamay ng hari." 21 Sinabi ni Saul, "Pagpalain nawa kayo
ni Yahweh. Dahil nahabag kayo sa akin. 22 Umalis kayo,
at siguraduhing mabuti. Pag-aralan at alamin kung saang
lugar siya nagtatago at kung sino ang nakakita sa kanya
roon. Sinabi ito sa akin na napakatuso niya. 23 Kaya tingnan
ninyo, at alamin ang lahat ng lugar kung saan mismo siya
nagtatago. Bumalik kayo sa akin na may tiyak na kaalaman,
at pagkatapos babalik ako kasama ninyo. Kung nasa lupain
siya, hahanapin ko siya kasama ang lahat ng libu-libo ng
Juda." 24 Pagkatapos nauna silang umakyat kay Saul sa Zip.
Ngayon si David at kanyang mga tauhan ay nasa ilang ng
Maon, sa Araba ng timog ng Jesimon. 25 Pumunta si Saul at
kanyang mga tauhan upang hanapin siya. At sinabihan si
David tungkol dito, kaya bumaba siya sa isang mabatong
burol at nanirahan sa ilang ng Maon. Nang narinig ito ni
Saul, tinugis niya si David sa ilang ng Maon. 26 Pumunta
si Saul sa isang panig ng bundok, at pumunta si David at
ang kanyang mga tauhan sa kabilang panig ng bundok.
Nagmadaling tumakas si David mula kay Saul. Habang
nakapalibot sina Saul at kanyang mga tauhan kay David
at kanyang mga tauhan upang dakpin sila, 27 pumunta
ang isang mensahero kay Saul at sinabing, "Bilisan mo at
pumarito dahil gumawa ng pagsalakay ang mga Filisteo
laban sa lupain." 28 Kaya bumalik si Saul mula sa pagtugis
niya kay David at nilabanan ang mga Filisteo. Kaya nga
ang lugar na iyon ay tinawag na Bato ng Pagtakas. 29

Umakyat si David mula roon at namuhay sa matibay na mga
tanggulan ng Engedi.

**24** Nang bumalik si Saul mula sa pagtugis sa mga Filisteo,
sinabihan siya, “Si David ay nasa desyerto ng Engedi.”
**2** Pagkatapos kumuha si Saul ng tatlong libong piling
kalalakihan mula sa buong Israel at umalis para hanapin si
David at kanyang mga tauhan sa mga Bato ng mga Ligaw
na Kambing. **3** Dumating siya sa tabi ng kulungan ng mga
tupa, na kung saan may isang kuweba. Pumasok si Saul sa
loob upang paginhawahin ang kanyang sarili. **4** Sinabi ng
mga tauhan ni David sa kanya, “Ito ang araw na sinabi ni
Yahweh na sinabi niya sa iyo, 'Ibibigay ko sa iyong kamay
ang iyong kaaway, upang gawin mo ang nais mong gawin
sa kanya.'” Pagkatapos umakyat si David at tahimik na
gumapang pasulong at pinutol ang gilid ng balabal ni Saul. **5**
Pagkatapos bumigat ang damdamin ni David dahil pinutol
niya ang gilid ng balabal ni Saul. **6** Sinabi niya sa kanyang
mga tauhan, “Huwag nawang ipahintulot ni Yahweh na gawin
ko ang bagay na ito sa aking panginoon, na hinirang ni
Yahweh, para iunat ko ang aking kamay laban sa kanya,
sapagkat hinirang siya ni Yahweh.” **7** Kaya pinagsabihan
ni David ang kanyang mga tauhan ng mga salitang ito, at
hindi sila pinahintulutang salakayin si Saul. Tumayo si Saul,
iniwan ang kuweba, at umalis. **8** Pagkatapos, tumayo rin
si David, iniwan ang kuweba, at tinawag si Saul: “Aking
panginoong hari.” Nang tumingin si Saul sa kanyang likuran,
nagpatirapa si David sa lupa at nagpakita sa kanya ng
paggalang. **9** Sinabi ni David kay Saul, “Bakit ka nakikinig sa
mga kalalakihan na nagsabing, “Tingnan mo, gusto kang
saktan ni David?' **10** Ngayon nakita ng iyong mga mata
kung paano ka inilagay ni Yahweh sa aking kamay nang
nasa kuweba pa tayo. Sinabi ng ilan sa akin na patayin
kita, ngunit kinaawaan kita. Sinabi ko, 'Hindi ko iuunat ang
aking kamay laban sa aking panginoon; dahil hinirang siya ni
Yahweh.' **11** Tingnan mo, aking ama, tingnan mo ang gilid ng
iyong balabal sa aking kamay. Sapagkat ang katotohanan
kung bakit ko pinutol ang gilid ng iyong balabal at hindi kita
pinatay, para malaman mo at makita mo na walang masama
o pagtataksil sa aking kamay, at hindi ako nagkasala laban
sa iyo, kahit na tinutugis mo ang aking buhay para makuha.
**12** Nawa'y humatol si Yahweh sa pagitan mo at sa akin, at
nawa'y si Yahweh ang maghiganti para sa akin laban sa
iyo, ngunit hindi magiging laban sa iyo ang kamay ko. **13**
Gaya ng sinabi ng lumang kasabihan, 'Mula sa makasalanan
lumalabas ang kasamaan.' Ngunit hindi magiging laban sa
iyo ang kamay ko. **14** Mula kanino sumunod ang hari ng
Israel? Mula kanino ka humahabol? Sa isang patay na aso!
Sa isang pulgas! **15** Nawa'y maging hukom si Yahweh at
magbigay ng hatol sa pagitan natin, at tiyakin, at ipakiusap
ang layunin ko at pahintulutan akong makatakas mula sa
iyong kamay.” **16** Nang matapos sabihin ni David ang mga
salitang ito kay Saul, Sinabi ni Saul, “Boses mo ba ito, David,
aking anak?” Nagtaas ng kanyang boses si Saul at umiyak.
**17** Sinabi niya kay David, “Mas matuwid ka kaysa sa akin.
Dahil sinuklian mo ako nang mabuti, kung saan sinuklian
kita ng kasamaan. **18** Ipinahayag mo ngayong araw na ito
kung paano ka gumawa nang mabuti sa akin, dahil hindi mo
ako pinatay nang nilagay ako ni Yahweh sa iyong habag. **19**
Dahil kung matatagpuan ng isang tao ang kanyang kaaway,
hahayaan ba niya siyang umalis ito nang ligtas? Nawa'y
gantimpalaan ka ni Yahweh ng mabuti para sa nagawa mo
sa akin ngayon. **20** Ngayon alam kong tiyak na magiging
tapat na hari ka at itatatag ang kaharian ng Israel sa iyong
kamay. **21** Ipangako mo sa akin sa pamamagitan ni Yahweh
na hindi mo puputulin ang aking mga kaapu-apuhan kasunod
ko, at hindi mo sisirain ang aking pangalan sa bahay ng
aking ama.” **22** Kaya gumawa si David ng isang panunumpa
kay Saul. Pagkatapos umuwi si Saul, pero umakyat sina
David at kanyang mga tauhan sa matibay na tanggulan.

**25** Ngayon namatay na si Samuel. Sama-samang nagtipon
ang lahat ng Israelita at nagluksa para sa kanya, at
inilibing nila siya sa kanyang bahay sa Rama. Pagkatapos
tumayo at bumaba si David sa desyerto ng Paran. **2**
Mayroong isang lalaki sa Maon, na may mga pag-aari sa
Carmel. Napakayaman ng lalaki. Mayroon siyang tatlong
libong tupa at isang libong kambing. Naggugupit siya ng
kanyang tupa sa Carmel. **3** Nabal ang pangalan ng lalaki,
at ang pangalan ng kanyang asawa ay Abigail. Matalino
at may kahali-halinang anyo ang babae. Pero malupit at
masama ang lalaki sa kanyang pakikitungo. Isa siyang
kaapu-apuhan sa sambahayan ni Caleb. **4** Narinig ni David
sa ilang na si Nabal ay naggugupit ng kanyang tupa. **5** Kaya
nagpadala ng sampung kalalakihan si David. Sinabi ni David
sa binatang kalalakihan. “Umakyat sa Carmel, pumunta
kay Nabal, at batiin siya sa aking pangalan. **6** Sasabihin
ninyo sa kanya 'Mamuhay sa karangyaan. Kapayapaan para
sa iyo at kapayapaan sa iyong bahay, at kapayapaan sa
lahat ng mayroon ka. **7** Narinig ko na mayroon kang mga
manggugupit. Nasa amin ang iyong mga pastol, at hindi
namin sila sinaktan at walang nawala sa kanila sa buong
panahon na sila ay nasa Carmel. **8** Tanungin ang iyong
kabataang kalalakihan, at sasabihin nila sa iyo. Ngayon
hayaang makasumpong ng biyaya ang binatang kalalakihan
sa iyong mga mata, dahil pupunta kami sa araw ng isang
pagdiriwang. Pakiusap magbigay ka anuman ang mayroon
ka sa iyong kamay sa iyong mga lingkod at sa iyong anak
na lalaking si David.'” **9** Nang dumating ang mga kabataang
kalalakihan ni David, sinabi nila itong lahat kay Nabal sa

ngalan ni David at pagkatapos naghintay. 10 Sumagot si
Nabal sa mga lingkod ni David, “Sino si David? At sino ang
anak na lalaki ni Jesse? Maraming mga lingkod sa araw na
ito ang sumusuway sa kanilang mga amo. 11 Kailangan ko
bang kunin ang aking tinapay, aking tubig at aking karne na
kinatay ko para sa aking mga manggugupit at ibigay ito sa
kalalakihang dumating mula sa hindi ko alam kung saan
nanggaling?” 12 Kaya umalis at bumalik ang kabataang
kalalakihan ni David, at sinabi sa kanya ang lahat nang
bagay na sinabi. 13 Sinabi ni David sa kanyang tauhan, “Itali
nang bawat lalaki ang kanyang espada.” At itinali ng bawat
lalaki ang kanyang espada. Itinali rin ni David ang kanyang
espada. Halos apat na daang kalalakihan ang sumunod kay
David, at naiwan ang dalawang daan sa dala-dalahan. 14
Pero sinabihan ng isa sa kabataang kalalakihan si Abigail,
asawa ni Nabal; sinabi niya, “Nagpadala si David ng mga
mensahero sa labas ng ilang upang batiin ang ating amo, at
ininsulto niya sila. 15 Yamang napakabait ng kalalakihan
sa atin. Hindi tayo sinaktan at walang anumang bagay na
nawala sa atin hanggat kasama natin sila nang nasa mga
bukirin tayo. 16 Isang pader sila sa atin sa araw man o sa
gabi, kasama namin sila sa pagbabantay ng mga tupa. 17
Samakatuwid alamin ito at isaalang-alang kung ano ang
iyong magagawa, sapagka't may balak na kasamaan laban
sa ating amo, at laban sa kanyang buong sambahayan. Siya
ay napakasamang tao na walang isa na makapagdahilan
sa kanya.” 18 Pagkatapos nagmadali si Abigail at kumuha
ng dalawang daang tinapay, dalawang boteng alak, limang
tupang nakahanda na, limang sukob ng sinangag na butil,
isang daang tungkos ng pasas, at dalawang daang mamon
ng igos at ikinarga ang mga ito sa mga asno. 19 Sinabi
niya sa kanyang kabataang kalalakihan, “Mauna kayo sa
akin at susunod ako sa inyo.” Ngunit hindi niya sinabihan
ang kanyang asawang si Nabal. 20 Habang nakasakay siya
sa kanyang asno at bumaba sa pamamagitan ng bundok,
bumaba si David at kanyang tauhan papunta sa kanya at
sinalubong niya sila. 21 Ngayon sinabi ni David, “Tiyak na
walang kabuluhan ang lahat ng pagbabantay ko sa lahat ng
mayroon ang taong ito sa ilang, kaya wala ni isang nawawala
na lahat ng nasa kanya, at ibinalik niya sa akin ang masama
para sa mabuti. 22 Nawa gawin ng Diyos ito sa akin, David,
at marami pa, kung sa umaga wala akong ititirang isang lalaki
sa lahat na nasa kanya.” 23 Nang nakita ni Abigail si David,
nagmadali siyang bumaba mula sa kanyang asno at lumuhod
sa harapan ni David at nagpatirapa sa kanyang sarili sa
lupa. 24 Lumuhod siya sa kanyang paa at sinabi, “Ako
lang mag-isa, aking panginoon, na mayroong pagkakasala.
Pakiusap hayaan mong kausapin ka ng iyong lingkod, at
makinig sa mga salita ng iyong lingkod. 25 Huwag mong
hayaan aking panginoon na pansinin ang walang halangang
taong ito, Nabal ang kanyang pangalan, at ang kahangalan
ay nasa kanya. Ngunit ako na iyong lingkod ay hindi nakita
ang kabataang kalalakihan ng aking panginoon, na iyong
ipinadala. 26 Pagkatapos ngayon, aking panginoon, habang
nabubuhay si Yahweh, at habang nabubuhay ka, buhat ng
pinigilan ka ni Yahweh mula sa pagdaloy ng dugo, at mula sa
paghihiganti ng iyong sarili sa sariling mong kamay, ngayon
hayaan mo ang iyong mga kaaway, at sa mga naghahanap
gumawa ng kasamaan sa aking panginoon, ay magiging
kagaya ni Nabal. 27 At ngayon, hayaan sanang madala ng
iyong lingkod ang regalong ito para sa aking panginoon,
hayaang ibigay ito sa kabataang kalalakihan na sumunod sa
aking panginoon. 28 Pakiusap patawarin ang pagkakasala
ng iyong lingkod, dahil tiyak na gagawan ni Yahweh ang
aking panginoon ng isang bahay, dahil nakikipaglaban ang
aking panginoon sa labanan ni Yahweh, at hindi makikita
ang kasamaan sa iyo habang nabubuhay ka. 29 At kahit
na tugisin ka ng mga kalalakihan para kunin ang iyong
buhay, gayon pa man ang buhay ng aking panginoon ay
matatali sa mga nabubuhay sa pamamagitan ni Yahweh
na inyong Diyos, at aalisin niya ang mga buhay ng iyong
mga kaaway, gaya ng nasa bulsa ng isang tirador. 30 At
mangyari ito, nang matapos gawin ni Yahweh ang lahat ng
mabuting mga bagay para sa aking panginoon na kanyang
ipinangako sa iyo, at nang ginawa ka niyang pinuno sa
buong Israel, 31 hindi magiging pahirap ang bagay na ito
sa iyo, ni masasaktan ang aking panginoon, dahil hindi mo
ibinuhos ang iyong dugo ng walang dahilan, at hindi mo
ipinaghiganti ang iyong sarili. At kapag nagdala ng tagumpay
si Yahweh sa aking panginoon, alalahanin mo ang iyong
lingkod.” 32 Sinabi ni David kay Abigail, “Nawa si Yahweh,
ang Diyos ng Israel, na pinagpala, ang siyang nagpadala
sa iyo upang makipagkita sa akin sa araw na ito. 33 At
ang iyong kaalaman ay pinagpala, at pinagpala ka, dahil
pinanatili mo ako sa araw na ito mula sa pagkakasala sa
pagdanak ng dugo at mula sa paghihiganti ko para sa aking
sariling gamit ang aking kamay. 34 Para sa katotohanan,
ayon kay Yahweh, ang Diyos ng Israelm ma nabubuhay, na
pinigilan ako na saktan ka, maliban lamang kung nagmadali
ka para makipagkita sa akin, tiyak na walang matitira kay
Nabal kahit isang sanggol na lalaki kinaumagahan.” 35 Kaya
tinanggap ni David mula sa kanyang kamay kung ano ang
kanyang dinala sa kanya, sinabi niya sa kanya, “Umakyat ka
ng may kapayapaan sa iyong bahay; tingnan mo, nakinig ako
sa iyong boses at tinanggap kita.” 36 Bumalik si Abigail kay
Nabal; masdan mo, siya ay nagdadaos ng isang pagdiriwang
sa kanyang bahay, tulad ng pagdiriwang ng isang hari; at
maligaya ang puso ni Nabal sa kalooban niya, dahil lasing

na lasing siya. Kaya hindi niya sinabi ang lahat hanggang
sa magbukang-liwayway. **37** At nangyari kinaumagahan,
nang hindi na lasing si Nabal, na sinabi ng kanyang asawa
sa kanya ang mga bagay na ito, inatake siya sa puso, at
naging tulad siya ng isang bato. **38** At dumating matapos
ang sampung araw na sinalakay ni Yahweh si Nabal kaya
namatay siya. **39** At nang narinig ni David na namatay
na si Nabal, sinabi niya, “Nawa pagpalain si Yahweh, na
siyang kumuha ng dahilan ng pang-iinsulto sa akin mula
sa kamay ni Nabal, at sa pag-iingat ng kanyang lingkod
mula sa kasamaan. At ibinalik niya ang masamang kilos ni
Nabal sa kanyang sarili.” Pagkatapos nagpadala si David ng
mga lingkod at kinausap si Abigail, para kunin siya bilang
kaniyang asawa. **40** Nang dumating ang mga lingkod ni
David kay Abigail sa Carmel, nakipag-usap sila sa kanya at
sinabi, “Ipinadala kami ni David sa iyo upang kunin ka para
sa kaniya bilang kanyang asawa.” **41** Tumayo siya, niyuko
ang kanyang sarili kasama ang kanyang mukha sa lupa,
at sinabi, “Tingnan ninyo, ang iyong lingkod na babae ay
isang lingkod para maghugas ng mga paa ng mga lingkod
ng aking panginoon.” **42** Nagmadali si Abigail at tumayo, at
sumakay sa isang asno na may limang lingkod na babae na
sumunod sa kanya, at sumunod siya sa mga mensahero
ni David at naging kanyang asawa. **43** Kinuha rin ni David
si Ahinoam ng Jezreel bilang isang asawa, kapwa sila ay
naging kanyang mga asawa. **44** Ngayon ibinigay ni Saul si
Mical na kanyang anak na babae, asawa ni David, kay Palti
anak ni Lais, na nasa Gallim.

**26** Dumating ang mga Zipiteo kay Saul sa Gibea at
sinabing, “Hindi ba nagtatago si David sa burol ng
Hacila, na bago ang desyerto?” **2** Pagkatapos tumayo si
Saul at bumaba sa ilang ng Zip, na may tatlong libong piling
kalalakihan ng Israel na kasama niya, upang hanapin si
David sa desyerto ng Zip. **3** Nagkampo si Saul sa burol ng
Hacila, na bago sa desyerto, na malapit sa daanan. Ngunit si
David ay nanatili sa desyerto, at nakita niya na paparating si
Saul kasunod niya sa desyerto. **4** Kaya nagpadala si David
ng mga espiya at napag-alaman niyang totoong dumating
si Saul. **5** Tumayo si David at pumunta sa lugar kung
saan nagkampo si Saul; nakita niya ang lugar kung saan
nagpapahinga si Saul, at si Abner anak na lalaki ni Ner, ang
heneral ng kanyang hukbo; Nagpapahinga si Saul sa kampo,
at nagkampo ang mga tao palibot sa kanya, natutulog ang
lahat. **6** Pagkatapos sinabi ni David kay Ahimelec na Hiteo,
at kay Abisai anak na lalaki ni Zeruia, ang lalaking kapatid
ni Joab, “Sino ang sasama sa akin pababa sa kampo ni
Saul?” sinabi ni Abisai, “Sasama ako pababa sa iyo.” **7**
Kaya pumunta si David at Abisai sa hukbo nang gabi. At
nandoon si Saul na natutulog sa loob ng kampo, kasama ang
kanyang sibat na nakatusok sa lupa sa tabi ng kanyang ulo.
Nagpapahinga si Abner at kanyang mga sundalo sa palibot
niya. **8** Pagkatapos sinabi ni Abisai kay David, “Sa araw na
ito inilagay ng Diyos sa iyong kamay ang iyong kaaway.
Ngayon pakiusap hayaan mong itusok ko siya sa lupa sa
pamamagitan ng sibat sa isang bagsak lamang. Hindi ko
siya hahampasin ng pangalawang pagkakataon.” **9** Sinabi
ni David kay Abisai, “Huwag mo siyang patayin, sapagkat
sino ang mag-aabot ng kanyang kamay laban sa hinirang ni
Yahweh at hindi magkakasala?” **10** Sinabi ni David, “Habang
nabubuhay si Yahweh, papatayin siya ni Yahweh, o darating
ang araw na mamamatay siya, o pupunta siya sa labanan at
mamamatay. **11** Nawa'y ipagbawal ni Yahweh na dapat kong
iunat ang aking kamay laban sa kanyang tinalaga, kaya
ngayon, kunin mo ang sibat na nasa kanyang ulo at ang
banga ng tubig, at umalis na tayo.” **12** Kaya kinuha ni David
ang sibat at ang banga ng tubig mula sa ulo ni Saul at umalis
na sila. Walang ni isang nakakita sa kanila o nakaalam
tungkol dito, ni isang tao ang nagising, dahil nakatulog silang
lahat, dahil mahimbing na pagtulog ang ibinigay ni Yahweh
sa kanila. **13** Pagkatapos pumunta si David sa kabilang dako
at tumayo sa tuktok ng bundok sa malayo, isang malayong
pagitan ang nasa kanila. **14** Sumigaw si David sa mga tao at
kay Abner anak na lalaki ni Ner, sinabi niya, “Hindi ka ba
sasagot, Abner?” Pagkatapos sumagot at sinabi ni Abner,
“Sino kang sumisigaw sa hari?” **15** Sinabi ni David kay
Abner, “Hindi ka ba isang taong matapang? Sino ang katulad
mo sa Israel? Bakit hindi ka nagbantay sa iyong panginoon
na hari? Dahil may ibang taong dumating upang patayin
ang hari na iyong panginoon. **16** Hindi maganda ang bagay
na ito na iyong ginawa. Habang nabubuhay si Yahweh,
nararapat kang mamatay dahil hindi mo binantayan ang
iyong panginoon na hinirang ni Yahweh. At ngayon tingnan
mo kung nasaan ang sibat ng hari, at ang banga ng tubig
na nasa kanyang ulonan.” **17** Nakilala ni Saul ang boses
ni David at sinabi, “Boses mo ba iyan, anak kong David?”
sinabi ni David, “Ito ang aking boses, aking panginoong hari.”
**18** Sinabi niya, “Bakit tinutugis ng hari ang kanyang lingkod?
Ano ang aking nagawa? Anong kasamaan ang nasa aking
kamay? **19** Samakatuwid ngayon, nagmakaawa ako sa iyo,
hayaang pakinggan ng aking panginoon na hari ang mga
salita ng kanyang lingkod. Kung si Yahweh na nag-udyok
sa iyo laban sa akin, hayaan siyang tumanggap ng isang
handog; ngunit kung mga tao ito, nawa'y isumpa sila sa
paningin ni Yahweh, dahil sa araw na ito inilayo nila ako, na
hindi dapat ako kumapit sa pamana ni Yahweh, na kanilang
sinabi sa akin, “Sumamba ka sa ibang mga diyos.” **20**
Samakatuwid ngayon, huwag hayaang dumanak ang aking
dugo sa lupa mula sa presensya ni Yahweh, para sa hari ng

Israel na dumating at humanap sa isang pulgas, bilang isang
naghahanap ng ibon sa mga bundok." **21** Pagkatapos sinabi
ni Saul, "Nagkasala ako. Bumalik ka, David, anak ko, hindi
na kita kailanman sasaktan, dahil natatangi ang aking buhay
sa iyong mga mata ngayon. Tingnan mo, naging mangmang
ako at lubusang nagkamali." **22** Sumagot si David at sinabi,
"Tingnan mo, aking hari, narito ang iyong sibat! Hayaan
mong lumapit ang isa sa iyong batang kalalakihan at kunin
ito at dalhin ito sa iyo. **23** Nawa pagbayarin ni Yahweh
ang bawat tao para sa kanyang kadakilaan at kanyang
katapatan, dahil inilagay ito ni Yahweh sa araw na ito, ngunit
hindi ko sasaktan ang kanyang tinalaga. **24** At tingnan mo,
tulad ng buhay mong katangi-tangi sa aking mga mata sa
araw na ito, kaya nawa maging mas mahalaga ang buhay
ko sa mga mata ni Yahweh, at nawa iligtas niya ako mula sa
lahat ng kaguluhan." **25** Pagkatapos sinabi ni Saul kay David,
"Nawa pagpalain ka, anak kong David, upang makagawa ka
ng mga dakilang bagay, at tunay na magtatagumpay ka."
Kaya lumakad si David, at bumalik si Saul sa kanyang lugar.

**27** Sinabi ni David sa kanyang puso, "Mawawala ako
nang isang araw sa pamamagitan ng kamay ni Saul;
wala nang mas mabuti para sa akin kung hindi ang tumakas
sa lupain ng mga Filisteo; titigil na si Saul sa paghahanap sa
akin kahit saan sa lahat ng hangganan ng Israel; sa paraang
ito makakatakas ako sa kanyang kamay." **2** Bumangon si
David at tumawid, siya at ang anim na daang kalalakihang
na kasama niya, kay Aquis anak na lalaki ni Maoc, ang
hari ng Gat. **3** Nanirahan si David kasama nina Aquis sa
Gat, siya at ang kanyang tauhan, bawat tao sa kanyang
sariling sambahayan, at si David kasama ang kanyang
dalawang asawa, Ahinoam na Jezreelita, at Abigail na
Carmelita, asawa ni Nabal. **4** Sinabihan si Saul na tumakas
si David patungo sa Gat, kaya hindi na niya siya hinanap.
**5** Sinabi ni Aquis kay David, "Kung kinakitaan niya ako
ng kagandahang loob sa iyong mga mata, hayaan silang
bigyan ako ng isang lugar sa isa sa mga lungsod ng bansa,
upang manirahan ako doon: para saan pa na titira ang iyong
lingkod sa maharlikang siyudad na kasama mo?" **6** Kaya
ibinigay ni Aquis sa kanya ang Ziklag nang araw na iyon;
kaya nabibilang ang Ziklag sa hari ng Juda hanggang sa
araw na ito. **7** Ang bilang ng mga araw ni David na namuhay
sa lupain ng mga Filisteo ay isang buong taon at apat na
buwan. **8** Nilusob ni David at kanyang mga tauhan ang iba't-
ibang mga lugar, sinalakay ang Gesurita, ang Girziteo, at
ang Amalekita, sa mga bayan na iyon na namumuhay sa
lupaing iyon, habang papunta kayo sa Sur, hanggang sa
layo ng lupain ng Ehipto. Naninirahan sila sa lupaing iyon
mula pa sa sinaunang kapanahunan (Paalala: Sa halip ng
"Gizrita, na makikita sa sulat ng Hebreo, ilang bagong mga
bersyon ay ang Girzita, na makikita sa sulat ng Hebreo) **9**
Sinalakay ni David ang lupain at walang tinirang mga lalaki ni
mga babaeng buhay, kinuha niya ang mga tupa, ang baka,
ang mga asno, ang mga kamelyo, at ang mga pananamit;
bumalik siya at pumunta muli kay Aquis. **10** Sinasabi ni
Aquis, "Laban kanino ang inyong ginawang pagsalakay sa
araw na ito? Baka isasagot ni David, "Laban sa timog ng
Juda," o "Laban sa timog ng Jerameelita," o "Laban sa
timog ng Kenita." **11** Baka bubuhayin ni David ang lalaki ni
ang babae upang dalhin sila sa Gat, nagsasabing, "Para
wala silang masabi tungkol sa atin, Ginawa ni David ang
nararapat." Ginawa niya itong lahat habang nakatira siya
sa bansa ng mga Filisteo. **12** Naniwala si Aquis kay David,
sinasabing, "Ginawa niyang lubos na mapoot ang bayan
ng Israel sa kanya, samakatuwid magiging lingkod ko siya
magpakailanman."

**28** At nangyari na sa mga araw na iyon na tinipon ng
mga Filisteo ang kanilang mga hukbo para sa digmaan
upang makipaglaban sa Israel. Sinabi ni Aquis kay David,
"Tiyak mong alamin na lalabas ka kasama ko sa mga
hukbo, ikaw at ang iyong mga tauhan." **2** Sinabi ni David
kay Aquis, "Upang malaman mo kung ano ang magagawa
ng iyong lingkod." Sinabi ni Aquis kay David, "para gawin
kitang palagiang tagapagbantay ko." **3** Namatay si Samuel;
pinagluksa siya ng buong Israel at inilibing siya sa Rama, sa
kanyang lungsod. Ngayon ipinagbawal ni Saul sa lupain sa
sinumang nakikipag-usap sa mga patay o sa mga espiritu. **4**
Sama-samang tinipon ng mga Filisteo ang kanilang sarili
at dumating at nagkampo sa Shunem; at sama-samang
tinipon ni Saul ang buong Israel, at nagkampo sila sa Gilboa.
**5** Nang makita ni Saul ang mga hukbo ng mga Filisteo,
natakot siya, at labis na lumakas ang tibok ng kanyang
puso. **6** Nanalangin si Saul kay Yahweh para tulungan
siya, ngunit hindi sumagot sa kanya si Yahweh—maging sa
panaginip, ni sa pamamagitan ng Urim, ni sa pamamagitan
ng mga propeta. **7** Pagkatapos sinabi ni Saul sa kanyang
mga lingkod, "Hanapan ninyo ako ng babaeng umaangking
nakikipag-usap sa mga patay, upang makapunta ako sa
kanya at hingin ang kanyang payo." Sinabi ng kanyang
mga lingkod sa kanya, "Tingnan mo, mayroong isang babae
sa Endor na umaaangking nakikipag-usap sa mga patay."
**8** Ikinubli ni Saul ang kanyang sarili, nagsuot ng ibang
kasuotan, at pumunta siya kasama ang dalawang tauhan;
pinuntahan nila ang babae sa gabi. Sinabi niya, "Manghula
ka para sa akin, nagmamakaawa ako sa iyo sa pamamagitan
ng pakikipag-usap sa patay, at dalhin sa akin ang sinumang
pangangalanan ko sa iyo." **9** Sinabi ng babae sa kanya,
"Tingnan, alam mo ang ginawa ni Saul, kung paano niya
ipinagbawal sa lupain ang sinumang nakikipag-usap sa mga

patay o sa mga espiritu. Kaya bakit ka naglalagay ng bitag
para sa aking buhay, para mamatay ako?" **10** Nanumpa
si Saul sa kanya sa pamamagitan ni Yahweh, at sinabing,
"Habang nabubuhay si Yahweh, walang anumang parusa
ang mangyayari sa iyo para sa bagay na ito." **11** Pagkatapos
sinabi ng babae, "Sino ang dapat kong papuntahin sa
iyo?" Sinabi ni Saul, "Papuntahin mo sa akin si Samuel."
**12** Nang makita ng babae si Samuel, sumigaw siya nang
malakas at nangusap kay Saul, sinabing, "Bakit mo ako
nilinlang? Sapagkat ikaw si Saul." **13** Sinabi sa kanya ng
hari, "Huwag kang matakot. Anong nakikita mo?" Sinabi ng
babae kay Saul, "Nakita ko ang isang diyos na umaakyat
mula sa lupa." **14** Sinabi niya sa kanya, "Ano ang kamukha
niya? Sinabi niya, "Isang matandang lalaki ang umaakyat;
nakasuot siya ng balabal." Nadama ni Saul na si Samuel
iyon, at yumukod siya na ang kanyang mukha ay nasa
lupa at nagpakita ng paggalang. **15** Sinabi ni Samuel kay
Saul, "Bakit mo ako ginambala at pinabalik?" Sumagot si
Saul, "Labis akong namimighati, dahil ang mga Filisteo ay
naghahandang makipagdigma laban sa akin, at iniwan na
ako ng Diyos at hindi na sumasagot sa akin, maging sa
pamamagitan ng mga propeta, ni sa mga panaginip. Kaya
tumawag ako sa iyo para ipaalam mo sa akin kung ano
ang aking gagawin." **16** Sinabi ni Samuel, "Ano ngayon ang
kahilingan mo sa akin, yamang iniwan ka na ni Yahweh,
at naging kaaway mo siya? **17** Ginawa ni Yahweh sa iyo
ang sinabi niyang gagawin niya. Kinuha ni Yahweh ang
kaharian sa ilalim ng iyong mga kamay at ibinigay ito sa
iba—kay David. **18** Dahil hindi mo sinunod ang boses ni
Yahweh at hindi mo ipinatupad ang kanyang matinding galit
sa Amalek, kaya ginawa niya ito ngayon sa iyo. **19** Higit pa
rito, ibibigay ka ni Yahweh at ang Israel sa kamay ng mga
Filisteo. Bukas makakasama kita at ang iyong mga anak
na lalaki. Ibibigay din ni Yahweh ang hukbo ng Israel sa
kamay ng mga Filisteo." **20** Pagkatapos biglang bumagsak
ang buong katawan ni Saul sa lupa at takot na takot dahil
sa mga salita ni Samuel. Wala na siyang lakas, dahil wala
siyang kinain na anumang pagkain sa buong araw na iyon,
maging sa buong gabi. **21** Lumapit ang babae kay Saul
at nakita niyang labis siyang naguguluhan, sinabi niya sa
kanya, "Tingnan mo, nakinig ang iyong babaeng lingkod sa
iyong boses; Inilagay ko ang aking buhay sa aking kamay at
nakinig sa mga salitang sinabi mo sa akin. **22** Kaya ngayon,
nagmamakaawa ako sa iyo, makinig ka rin sa boses ng
iyong babaeng lingkod at hayaan mong maghain ako ng
kaunting pagkain sa harap mo. Kumain ka para makaipon
ka ng lakas para sa iyong paglalakbay." **23** Ngunit tumanggi
si Saul at sinabing, "Hindi ako kakain." Ngunit pinilit siya ng
kanyang mga lingkod kasama ng babae at nakinig siya sa
kanilang boses. Kaya bumangon siya at umupo sa higaan.
**24** Mayroon pinatabang guya ang babae sa kanyang bahay;
nagmadali siya at pinatay ito; kumuha siya ng harina, minasa
ito at naghurno ng tinapay na walang lebadura gamit ito. **25**
Dinala niya ito sa harapan ni Saul at kanyang mga lingkod,
at kumain sila. Pagkatapos bumangon sila at umalis sa
gabing iyon.

**29** Ngayon sama-samang tinipon ng mga Filisteo ang
lahat ng kanilang hukbo sa Aphek; nagkampo ang
mga Israelita sa tabi ng bukal na nasa Jezreel. **2** Dumaan
ang mga prinsipe ng mga Filisteo nang daan-daan at nang
libu-libo; dumaan si David at ang kanyang mga tauhan sa
hulihang bantay kasama ni Aquis. **3** Pagkatapos sinabi ng
mga prinsipe ng mga Filisteo, "Ano ang ginagawa ng mga
Hebreong ito dito?" Sinabi ni Aquis sa mga prinsipe ng mga
Filisteo, "Hindi ba ito si David, ang lingkod ni Saul na hari ng
mga Israelita na naging kasama ko sa mga araw na ito,
o sa mga taon na ito, at wala akong nakitang kapintasan
sa kanya mula nang dumating siya sa akin hanggang sa
araw na ito?" **4** Ngunit galit sa kanya ang mga prinsipe ng
mga Filisteo; sinabi nila sa kanya, "Paalisin mo ang taong
iyan, para bumalik siya sa kanyang lugar na ibinigay mo
sa kanya; huwag mo siyang hayaang sumama sa atin sa
digmaan, upang hindi siya maging kaaway natin sa digmaan.
Dahil paano pa ba gagawa ng kapayapaan ang taong ito sa
kanyang panginoon? Hindi ba sa pamamagitan ng mga ulo
ng ating mga tauhan? **5** Hindi ba ito ang David na inawitan
nila sa isa-isa sa pamamagitan ng mga sayaw, sinasabing:
'Pinatay ni Saul ang kanyang libu-libo, At si David ang
kanyang sampung libo?'" **6** Pagkatapos tinawag ni Aquis si
David at sinabing, "Habang nabubuhay si Yahweh, naging
mabuti ka, at ang iyong paglabas at pagpasok sa akin sa
hukbo ay naging mabuti sa aking pananaw; sapagkat wala
akong nakitang kasalanan sa iyo simula ng araw na dumating
ka sa akin hanggang sa araw na ito. Gayon pa man, hindi
sang-ayon sa iyo ang mga prinsipe. **7** Kaya ngayon bumalik
ka at umalis na may kapayapaan, upang hindi ka kagalitan
ng mga prinsipe ng mga Filisteo." **8** Sinabi ni David kay
Filisteo, "Subalit ano ba ang nagawa ko? Ano ang nakita mo
sa iyong lingkod habang kasama mo ako hanggang sa araw
na ito, na hindi ako makakapunta at makipagdigma laban
sa mga kaaway ng aking panginoong hari?" **9** Sumagot si
Aquis at sinabi kay David, "Alam kong kasinlinis ka ng isang
anghel ng Diyos sa aking paningin; gayunpaman, sinabi ng
mga prinsipe ng mga Filisteo, 'Hindi siya maaaring umakyat
kasama natin sa labanan.' **10** Kaya ngayon bumangon nang
maaga ang mga lingkod ng iyong panginoon na sumama sa
iyo; pagkagising ninyo sa madaling araw at may liwanag na,
umalis na kayo." **11** Kaya bumangon si David nang maaga,

siya at ang kanyang mga tauhan upang umalis ng umaga,
para bumalik sa lupain ng mga Filisteo. Ngunit umakyat ang
mga Filisteo sa Jezreel.

## 30

At nangyari na nang bumalik sa Ziklag si David at ng
kanyang mga tauhan sa ikatlong araw, na gumawa
ng pagsalakay ang mga Amalekita sa Negev at sa Ziklag.
Linusob nila ang Ziklag, sinunog ito, 2 at binihag ang
mga kababaihan at bawat isang naroroon, kapwa maliliit
at malalaki. Wala silang pinatay, ngunit dinala sila habang
papaalis sila. 3 Nang dumating sina David at ang kanyang
mga tauhan sa lungsod, nasunog na ito—at binihag ang
kanilang mga asawa, kanilang mga anak na lalaki, at
kanilang mga anak na babae. 4 Pagkatapos nagtaas ng
boses sina David at mga taong kasama niya at umiyak sila
hanggang wala na silang kakayahang umiyak. 5 Binihag
ang dalawang asawa ni David na sina Ahinoam na taga-
Jezreel, at si Abigail na asawa ni Nabal na taga-Carmelo. 6
Labis na namighati si David, sapagkat nag-uusap ang mga
tao tungkol sa pagbato sa kanya, dahil ang mga espiritu
ng lahat ng tao ay nagdadalamhati, bawat tao para sa
kanyang mga anak na lalaki at mga anak na babae; subalit
pinalakas ni David ang kanyang sarili kay Yahweh, na
kanyang Diyos. 7 Sinabi ni David kay Abiathar na anak ni
Ahimelec na pari, “Nagmamakaawa ako sa iyo, dalhin mo
dito ang epod para sa akin.” Dinala ni Abiathar ang epod
kay David. 8 Nanalangin si David kay Yahweh ng gabay,
sinasabing, “Kung tutugisin ko ang hukbong ito, maaabutan
ko ba sila? Sumagot si Yahweh sa kanya, “Tugisin mo sila
dahil tiyak na maaabutan mo sila, at tiyak na mababawi mo
ang lahat.” 9 Kaya umalis si David, siya at ang anim na
raang tauhang kasama niya; nakarating sila sa batis Besor,
kung saan nanatili ang mga lalaking naiwan. 10 Ngunit
patuloy si David sa pagtugis, siya at ang apat na raang
tauhan; sapagkat dalawang daang tauhan ang naiwan na
mahinang mahina na kaya hindi na makatawid sa batis ng
Besor. 11 Natagpuan nila sa bukid ang isang taga-Ehipto at
dinala kay David; binigyan nila ng tinapay, at kinain niya
ito; binigyan nila ng tubig na maiinom; 12 at binigyan nila
ng isang pirasong mamon na gawa sa igos at dalawang
kumpol ng pasas. Nang nakakain na siya, bumalik na muli
ang kanyang lakas, sapagkat hindi siya kumain ng tinapay ni
uminom ng tubig sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi. 13
Sinabi ni David sa kanya, “Kanino ka nabibilang? Saan ka
nagmula?” Sinabi niya, isa akong binata ng Ehipto, lingkod
ng isang Amalekita; iniwan ako ng aking amo, dahil tatlong
araw na ang nakakaraan nagkasakit ako. 14 Gumawa kami
ng pagsalakay sa Negev ng mga Chereteo, at kung ano
ang nabibilang sa Juda, at sa Negev ng Caleb, at sinunog
namin ang Ziklag.” 15 Sinabi sa kanya ni David, “Maaari
mo ba akong dalhin pababa sa mga pangkat na ito na
sumalakay?” Sinabi ng taga-Ehipto, “Sumumpa ka sa akin
sa Diyos na hindi mo ako papatayin o ipagkakanulo sa mga
kamay ng aking panginoon, at dadalhin ko kayo pababa
sa mga sumalakay na pangkat na ito.” 16 Nang dinala si
David ang taga-Ehipto pababa, ang mga sumalakay ay
nagkalat sa buong paligid, nagkakainan at nag-iinuman, at
nagsasayawan, dahil sa lahat ng mga nanakaw nila mula sa
lupain ng Filisteo at mula sa lupain ng Juda. 17 Nilusob sila
ni David mula sa takip-silim hanggang sa gabi ng sumunod
na araw. Wala ni isang lalaki ang nakatakas maliban sa apat
na raang binatang sumakay sa mga kamelyo at tumakas. 18
Nabawi ni David ang lahat ng kinuha ng mga Amalekita; at
nailigtas ni David ang kanyang dalawang asawa. 19 Wala ni
isang nawala, maging maliliit man ni malalaki, maging anak
na mga lalaki ni anak na mga babae, maging ang nanakaw,
ni anumang bagay na kinuha sa kanila ng mga sumalakay
para sa kanilang sarili. Dinala ni David pabalik ang lahat. 20
Kinuha ni David ang lahat ng kanilang mga kawan at mga
pangkat ng hayop, na itinaboy ng mga tauhan sa unahan
ng ibang baka. Sinabi nila, “Ito ang nanakaw ni David.”
21 Pumunta si David sa kanyang dalawandaang tauhang
naiwan na mahinang mahina para sumunod sa kanya, iyong
mga pinaiwan ng iba upang manatili sa batis Besor. Ang
mga tauhang ito ang naunang pumunta para salubungin si
David at mga taong kasama niya. Nang pumunta si David
sa mga taong ito, binati niya sila. 22 Pagkatapos sinabi ng
lahat ng masasamang lalaki at mga walang kabuluhang
taong sumama kay David, “Dahil hindi sumama sa atin ang
mga kalalakihang ito, hindi natin sila bibigyan ng anumang
nanakaw na nabawi natin. Maliban na maaaring isama ng
bawat lalaki ang kanyang asawa at mga anak, pangunahan
sila palayo, at umalis.” 23 Kaya sinabi ni David, “Hindi kayo
dapat kumilos ng ganito sa mga ibinigay sa atin ni Yahweh,
mga kapatid. Iningatan niya tayo at ibinigay sa ating kamay
ang mga sumalakay laban sa atin. 24 Sinong makikinig sa
inyo sa bagay na ito? Dahil gaya ng kabahagi ay para sa
sinumang pumunta sa labanan, kaya ganundin ang kabahagi
para sa sinumang nagbantay sa mga gamit; makikibahagi
sila at magkakapareho bawat kabahagi.” 25 Naging ganoon
na mula sa araw na iyon hanggang sa araw na ito, sapagkat
ginawang batas iyon ni David at isang kautusan para sa
Israel. 26 Nang pumunta si David sa Ziklag ipinadala niya
ang ilan sa mga nanakaw sa mga nakakatanda ng Juda,
sa kanyang mga kaibigan, sinabing, “Tingnan ninyo, narito
ang isang handog para sa inyo mula sa nanakaw mula sa
mga kaaway ni Yahweh.” 27 Sa mga nakakatanda na nasa
Betuel, at sa mga nasa Ramot sa Timog, at sa mga nasa
Jattir, 28 at sa mga nasa Aroer, at sa mga nasa Sifmot, at sa

mga nasa Estemoa. **29** At ganun din sa mga nakakatandang
nasa Racal, at sa mga nasa lungsod ng mga Jerahmeelita,
at sa mga nasa siyudad ng mga Cineo, **30** at sa mga nasa
Horma, at sa mga nasa Borasan, at sa mga nasa Athac,
**31** at sa mga nasa Hebron, at sa lahat ng lugar kung saan
palaging pumupunta mismo si David at ng kanyang mga
tauhan.

**31** Ngayon nakipaglaban ang mga Filisteo laban sa Israel.
Nagsitakas ang mga kalalakihan ng Israel mula sa
harap ng mga Filisteo at patay na bumagsak sa bundok
Gilboa. **2** Tinugis ng malapitan ng mga Filisteo si Saul at
ang kanyang anak na mga lalaki. Napatay ng mga Filisteo si
Jonatan, Abinadab, at Malquisua, at ang kanyang mga anak
na lalaki. **3** Nagpatuloy ang matinding labanan laban kay
Saul, at nasukol siya ng mga mamamana. Siya ay nakaranas
ng malubhang sugat dahil sa kanila. **4** Pagkatapos sinabi ni
Saul sa kanyang tagadala ng baluti, “Hugutin mo ang iyong
espada at isaksak mo ito sa akin. Kung hindi, darating itong
hindi mga tuli at lalapastanganin ako.” Ngunit ayaw gawin ng
kanyang tagadala ng baluti, dahil takot na takot siya. Kaya
kinuha ni Saul ang kanyang sariling espada at pinatay nito
ang kanyang sarili. **5** Nang nakita ng tagadala ng baluti na
patay na si Saul, gayon din pinatay niya ang kanyang sarili
ng kanyang sariling espada at namatay nagmagkasama. **6**
Kaya namatay si Saul, ang kanyang tatlong anak na lalaki,
at kanyang tagadala ng baluti— sama-samang namatay ang
mga kalalakihang ito nang araw na iyon. **7** Habang nasa
kabilang bahagi ng lambak ang mga kalalakihan ng Israel, at
sa mga nasa ibayo ng Jordan, nakita nila na nagsitakas ang
mga kalalakihan ng Israel, at nang si Saul at ang kanyang
mga anak na lalaki ay patay na, iniwan nila ang kanilang
mga lungsod at nagsitakas, at dumating ang mga Filisteo at
nanirahan sa lugar nila. **8** Dumating ang sumunod na araw,
nang dumating ang mga Filisteo upang tanggalin ang mga
patay, na nakita nila si Saul at ang kanyang tatlong anak
na lalaki na patay na sa Bundok Gilboa. **9** Pinutol nila ang
kanyang ulo at tinanggal ang kanyang mga pananggang
baluti, at nagpadala ng mga mensahero sa lupain ng mga
Filisteo sa lahat ng dako upang dalhin ang balita sa kanilang
diyus-diyosan sa templo at sa mga tao. **10** Inilagay nila
ang kanyang baluti sa loob ng templo ni Astare, at ang
kanilang itinali ang kanyang katawan sa pader ng lungsod
sa Bethsan. **11** Nang nabalitaan ng mga nakatira sa Jabes
Galaad kung ano ang ginawa ng mga Filisteo kay Saul,
**12** tumayo ang lahat ng mandirigmang mga kalalakihan at
lumakad ng magdamag at kinuha ang katawan ni Saul at ang
mga katawan ng kanyang mga anak na lalaki mula sa pader
ng Bethsan. Pumunta sila sa Jabesh at doon nila sinunog
ang mga ito. **13** Pagkatapos kinuha nila ang kanilang mga
buto at inilibing ang mga ito sa ilalim ng isang puno ng
tamarisko sa Jabes, at nag-ayuno sa loob ng pitong araw.

# 2 Samuel

1 Nang namatay si Saul, bumalik si David galing sa
pagsalakay sa bayan ng Amalek at nanatili sa Ziklag ng
dalawang araw. 2 Sa ikatlong araw, mayroong isang taong
dumating mula sa kampo ni Saul na sira ang kaniyang mga
damit at may dumi sa kaniyang ulo. Nang nakarating siya
kay David yumuko siya sa lupa at siya ay nagpatirapa. 3
Sinabi ni David sa kaniya, “Saan ka nanggaling? Sagot niya,
“Nakatakas ako mula sa kampo ng Israel.” 4 Sinabi ni David
sa kaniya, “Pakiusap sabihin mo sa akin kung ano ang mga
bagay na nangyari.” sumagot siya, “Nagsitakas ang mga tao
mula sa labanan. Marami ang bumagsak at marami ang
namatay. Si Saul at Jonatan na kaniyang anak na lalaki ay
namatay din.” 5 Sinabi ni David sa binatang lalaki, “Papaano
mo nalaman na si Saul at si Jonatan na kaniyang anak na
lalaki ay namatay?” 6 Sumagot ang binata, “Nagkataon na
naroon ako sa Bundok Gilboa, at doon nakasandal siya sa
kaniyang sibat, at ang mga karwaheng pandigma at ang mga
nangangabayo ay halos malapit na sa kaniya. 7 Tumalikod
si Saul at nakita ako at tinawag niya ako. Sumagot ako,
'Nandito ako.' 8 Sinabi niya sa akin, 'Sino ka?' Sinagot ko
siya, 'Ako ay taga-Amalek.' 9 Sinabi niya sa akin, 'Pakiusap
tumayo ka sa harapan ko at patayin mo ako, dahil matinding
paghihirap ang nararanasan ko, pero nanatili pa rin akong
buhay. 10 Kaya tumayo ako sa ibabaw niya at pinatay ko
siya, dahil alam ko na hindi na siya mabubuhay pagkatapos
niyang bumagsak. At kinuha ko ang kaniyang korona na
nasa kaniyang ulo at ang pulseras na nasa kaniyang kamay,
at dinala ang mga ito dito para sa iyo, aking panginoon.” 11
Pagkatapos pinunit ni David ang kaniyang mga damit, at
ginawa rin ito ng lahat ng mga kalalakihan na kasama niya.
12 Sila'y nanangis, umiyak, at nag-ayuno hanggang gabi
para kay Saul, para kay Jonatan na kaniyang anak na lalaki,
para sa mga tao ni Yahweh, at para sa tahanan ng Israel
dahil bumagsak sila sa pamamagitan ng espada. 13 Sinabi
ni David sa binata, “Saan ka nanggaling? Sumagot siya,
“Ako ay anak na lalaki ng isang dayuhan sa lupain, isang
taga- Amalek.” 14 Sinabi ni David sa kaniya, “Bakit hindi
ka natakot na patayin ang hari na hinirang ni Yahweh sa
pamamagitan ng iyong sariling kamay?” 15 Tinawag ni David
ang isa sa mga binata at sinabi, “Kunin at patayin siya.”
Kaya kinuha ang lalaki at pinatay siya, at namatay ang taga-
Amalek. 16 Pagkatapos sinabi ni David sa namatay na taga-
Amalek, “Ang iyong dugo ay nasa iyong ulo dahil ang iyong
sariling bibig ay naging saksi laban sa iyo at sa sinabi mo,
'Pinatay ko ang hinirang na hari ni Yahweh.'” 17 Pagkatapos
inawit ni David ang panlibing na awiting ito tungkol kay Saul
at Jonatan na kaniyang anak na lalaki. 18 Ipinag-utos niya
sa mga tao na ituro itong Awit ng Pananangis sa mga anak
lalaki ng Juda, na naisulat sa Ang Aklat ni Jaser. 19 Ang
iyong niluwalhati, Israel, ay namatay, pinatay sa inyong
mga bundok! Papaano ang magiting ay napatumba! 20
Huwag itong sabihin kay Gath, Huwag itong ipahayag sa
mga kalye ng Askelon para hindi magsaya ang mga anak
na babae ng mga taga-Filisteo, para hindi magdiwang ang
mga anak na babae ng mga hindi tuli. 21 Mga Bundok ng
Gilboa, huwag na hayaang magkaroon ng hamog o ulan sa
inyo, ni mga kabukirin na magbibigay ng butil para sa mga
alay, dahil doon ang panangga ng magiting ay nadungisan.
Ang panangga ni Saul ay hindi na kailanman pinahiran sa
pamamagitan ng langis. 22 Mula sa mga dugo sa mga
namatay na iyon, mula sa mga katawan ng mga magigiting,
ang pana ni Jonatan ay hindi na bumalik, at ang espada
ni Saul ay hindi bumalik ng walang saysay. 23 Si Saul at
Jonatan ay minahal at mapagmahal sa buhay, at sa kanilang
kamatayan sila ay hindi ipinaghiwalay. Sila ay mas mabilis
kaysa sa mga agila, mas malakas kaysa sa mga leon. 24
Kayong mga anak na babae ng Israel, umiyak sa ibabaw ni
Saul, na siyang nagbihis sa inyo ng pulang kasuotan, na
naglagay ng palamuti ng ginto sa inyong mga kasuotan. 25
Paano napapabagsak ang isang magiting sa gitna ng labanan!
Si Jonatan ay pinatay sa inyong mataas mga lugar. 26
Ako ay namimighati para sa iyo, aking kapatid na Jonatan.
Ikaw ay minahal ko ng lubusan. Ang pagmamahal mo sa
akin ay kahanga-hanga, higit pa sa pagmamahal ng mga
kababaihan. 27 Paano napabagsak ang magigiting, at ang
mga sandata sa digmaan ay nasira!”

2 Pagkaraan nito nagtanong si David kay Yahweh at sinabi,
“Pupunta ba ako sa isa sa mga lungsod sa Juda?”
Sumagot si Yahweh sa kaniya, “Pumunta ka.” Sabi ni David,
“Sa anong lungsod ako pupunta?” Sumagot si Yahweh, “Sa
Hebron.” 2 Kaya umalis si David kasama ang kaniyang
dalawang asawa, si Ahinoam mula sa Jezreel, at Abigail
mula sa Carmel, ang biyuda ni Nabal. 3 Isinama ni David
ang mga kalalakihan na kasama niya, na ang bawat isa ay
isinama ang kanilang pamilya, sa mga lungsod ng Hebron,
kung saan nagsimula silang manirahan. 4 Pagkatapos
dumating ang mga kalalakihan mula sa Juda at hinirang
si David na hari sa buong sambahayan ng Juda. Sinabi
nila kay David, “Ang mga kalalakihan sa Jabes Galaad
ang naglibing kay Saul. 5 Kaya nagpadala si David ng
mga mensahero sa mga kalalakihan ng Jabes Galaad at
sinabi sa kanila, “Kayo ay pinagpala ni Yahweh, dahil sa
ipinakita ninyo na katapatan sa inyong panginoong si Saul
at inilibing siya. 6 Ngayon nawa'y magpakita si Yahweh
sa inyo ng tapat na kasunduan at katapatan. Magpapakita
rin ako sa inyo nitong kabutihan dahil ginawa ninyo ang

bagay na ito. 7 Kaya ngayon, hayaang maging malakas
ang inyong mga kamay; maging matapang dahil si Saul na
inyong panginoon ay namatay, at buong sambahayan ng
Juda ay hinirang ako mag hari sa kanila." 8 Pero si Abner
anak na lalaki ni Ner, pinuno ng hukbo ni Saul, kinuha ang
anak ni Saul na si Isobet at dinala siya sa Mahanaim; 9
ginawa niya si Isobet na hari sa buong Galaad, Asureo,
Jezreel, Efraim, Benjamin, at sa buong Israel. 10 Si Isobet
anak na lalaki ni Saul, ay apatnapung-taong gulang nang
mag-umpisa siyang maghari sa buong Israel, at naghari
siya ng dalawang taon. Peroo ang sambahayan ng Juda ay
sumunod kay David. 11 Ang panahon na si David ay naging
hari sa Hebron sa buong sambahayan ni Juda ay pitong
taon at anim na buwan. 12 Si Abner anak na lalaki ni Ner, at
ang mga lingkod ni Isobet anak na lalaki ni Saul, ay umalis
mula sa Mahanaim patungo sa Gibeon. 13 Si Joab anak na
lalaki ni Zeruias at ang mga lingkod ni David ay lumabas at
nakipagkita sa kanila sa lawa ng Gibeon. Umupo sila doon,
isang grupo sa isang panig ng lawa at ang iba sa kabilang
panig. 14 Sinabi ni Abner kay Joab, "Hayaan ang mga binata
ay tumayo at makipaglaban sa ating harapan." Pagkatapos
sinabi ni Joab, "Hayaan silang tumayo." 15 Pagkatapos
nagsitayuan ang mga binata at sama-samang nagtipon,
labingdalawa para kay Benjamin at Isobet anak na lalaki ni
Saul, at labingdalawa mula sa mga lingkod ni David. 16
Sinunggaban ng bawat lalaki ang ulo ng kaniyang kaaway at
sinaksak ang kaniyang espada sa gilid ng kaniyang kalaban,
at pareho silang nagsibagsakan. Kaya ang lugar na iyon ay
tinawag sa Hebreo, "Helkat Hazzurim," o "Bukid ng mga
Espada," na nasa Gibeon. 17 Ang labanan ay masyadong
marahas ng araw na iyon at si Abner at ang mga kalalakihan
ng Israel ay natalo sa harapan ng mga lingkod ni David. 18
Ang tatlong anak na lalaki ni Zeruias ay naroon: Si Joab, at
Abisai, at Asahel. Si Asahel ay napakabilis ng mga paa gaya
ng isang gasel. 19 Tinutugis ng malapitan ni Asahel si Abner
at sinusundan siya na hindi lumilihis sa anumang dako. 20
Lumingon si Abner sa kaniyang likuran, at sinabi, "Ikaw ba
iyan Asahel?" Sumagot siya, "Ako nga ito." 21 Sinabi ni
Abner sa kaniya, "Lumihis ka sa kanan o sa iyong kaliwa,
at sunggaban mo ang isa sa binata at kunin ang kaniyang
baluti." Pero hindi lumihis si Asahel. 22 Kaya sinabi ulit ni
Abner kay Asahel, Tigilan mo na ang pagtugis sa akin. Bakit
kita pababagsakin sa lupa? Anong mukhang ihaharap ko
kay Joab, na iyong kapatid na lalaki?" 23 Pero tumangging
lumihis si Asahel at sinaksak siya ni Abner sa katawan
sa pamamagitan ng mapurol na dulo ng kaniyang sibat,
kaya ang sibat ay tumagos sa kabilang gilid. Bumagsak si
Asahel at namatay doon. Kaya ang sinuman ang dumating
sa lugar kung saan bumagsak at namatay si Asahel, ay
huminto at nanatiling nakatayo. 24 Pero tinugis ni Joab at
Abisai si Abner. Nang palubog na ang araw, pumunta sila sa
burol ng Amma, na malapit sa Giah sa pamamagitan ng
daan patungo sa kagubatan ng Gibeon. 25 Nagtipon ang
mga kalalakihan ni Benjamin ng sama-sama sa likuran ni
Abner at tumayo sa itaas ng burol. 26 Pagkatapos tinawag
ni Abner si Joab at sinabi, "Dapat bang magpatayan tayo
habang buhay? Hindi mo ba alam lalo lang itong lulubha sa
katapusan? Gaano katagal bago mo sasabihin sa iyong mga
kalalakihan na tigilan na ang pagtugis sa inyong mga kapatid
na lalaki? 27 Sumagot si Joab, "Hanggang sa nabubuhay
ang Diyos, kung hindi mo sinabi iyan, ang aking mga tauhan
ay patuloy na tutugisin ang kanilang mga kapatid na lalaki
hanggang umaga!" 28 Kaya pinatunog ni Joab ang trumpeta,
at ang lahat ng kaniyang tauhan ay tumigil at hindi na tinugis
kailanman ang Israel, ni hindi na sila naglaban kailanman.
29 Si Abner at ang kaniyang mga tauhan ay naglakbay
nang buong magdamag patungong Araba. Tumawid sila sa
Jordan, naglakad silang lahat ng sumunod na umaga, at
pagkatapos nakarating sa Mahanaim. 30 Bumalik si Joab
galing sa pagtugis kay Abner. Tinipon niya ang lahat ng
kaniyang tauhan, kung saan nawawala si Asahel at ang
labing-siyam na mga sundalo ni David. 31 Pero ang mga
tauhan ni David ay nakapatay ng 360 tauhan ni Benjamin
sa pamamagitan ni Abner. 32 Pagkatapos kinuha nila si
Asahel at inilibing siya sa loob ng libingan ng kaniyang ama,
na nasa Bethlehem. Naglakbay si Joab at ang kaniyang
mga tauhan ng buong magdamag, at inabutan na sila ng
maagang pagsikat ng araw sa Hebron.

**3** Ngayon ay mayroong isang mahabang digmaan sa
pagitan ng tahanan ni Saul at ng tahanan ni David.
Patuloy na lumalakas ng lumakas si David pero ang tahanan
ni Saul ay patuloy na humihina ng humihina. 2 Ang mga
anak na lalaki ay ipinanganak kay David sa Hebron. Ang
kaniyang panganay ay si Amnon, kay Anihoam mula sa
Jezreel. 3 Ang kaniyang pangalawang anak, ay si Quileb,
ay ipinanganak kay Abigail, ang biyuda ni Nabal mula sa
Carmel. Ang pangatlo, ay si Absalom, anak ni Maaca, anak
na babae ni Talmai, hari ng Gesur. 4 Si Adonias, ang ikaapat
na anak na lalaki ni David, na anak na lalaki ni Haggit. Ang
ikalima ay si Sheftias, anak na lalaki ni Abital, 5 at ang
ika-anim, si Itream, anak na lalaki ng asawa ni David na
si Egla. Ang mga anak na lalaki na to ay ipinanganak kay
David sa Hebron. 6 Nangyari ito sa panahon ng digmaan
sa pagitan sa tahanan ni Saul at sa tahanan ni David na
si Abner ay nagawang palakasin ang tahanan ni Saul. 7
May isang kerida si Saul na ang pangalan ay Rizpa, ang
anak na babae ni Aya. Sinabi ni Isobet kay Abner, "Bakit
mo sinipingan ang kerida ng aking ama?" 8 Pagkatapos si

Abner ay galit na galit sa mga salita ni Isobet at sinabi, “Ako
ba ay ulo ng aso na pag-aari ng Juda? Sa araw na ito ay
ipinapakita ko ang katapatan sa tahanan ni Saul, ang iyong
ama, sa kaniyang mga kapatid na lalaki, at sa kaniyang mga
kaibigan sa hindi ko pagbibigay sa iyo sa kamay ni David. At
ngayon pinaparatangan mo ako sa araw na ito tungkol sa
babaeng ito. **9** Nawa gawin sa akin ng Diyos, Abner, at mas
masama pa, kung hindi ko gagawin para kay David ang gaya
ng ipinangako ni Yahweh sa kaniya, **10** na ilipat ang kaharian
mula sa tahanan ni Saul at itayo ang trono ni David sa buong
Israel at sa buong Juda, mula Dan hanggang Beerseba.” **11**
Hindi makasagot si Isobet kay Abner ng iba pang salita,
dahil natakot siya sa kaniya. **12** Pagkatapos nagpadala ng
mga mensahero si Abner kay David, para kausapin siya sa
pagsasabing, “Kaninong lupa ito?” Gumawa ka ng isang
kasunduan sa akin, at makikita mo na ang aking kamay ay
nasa iyo, dalhin ang buong Israel sa iyo.” **13** Sumagot si
David, “Mabuti, gagawa ako ng isang kasunduan sa iyo.
Pero isang bagay ang hihingin ko mula sa iyo na hindi mo
makikita ang aking mukha maliban na dalhin mo muna si
Mical, ang anak na babae ni Saul, kapag nakipagkita ka
sa akin.” **14** Pagkatapos nagpadala ng mga mensahero si
David kay Isobet, anak na lalaki ni Saul, na nagsasabing,
“Ibigay mo sa akin ang aking asawa na si Mical, na aking
binayaran na nagkakahalaga ng isangdaang balat ng mga
taga-Filisteo.” **15** Kaya ipinakuha ni Isobet si Mical at kinuha
siya sa kaniyang asawa, na si Patiel anak na lalaki ni Lais.
**16** Sumama ang kaniyang asawa sa kaniya, umiiyak habang
papaalis, at sinundan siya sa Bahurim. Pagkatapos sinabi
ni Abner sa kaniya, “Bumalik sa bahay mo ngayon.” Kaya
nagbalik siya. **17** Kinausap ni Abner ang mga nakatatanda
sa Israel sa pagsasabing, “Nang nakaraan sinusubukan
ninyo na mag hari si David sa inyo. **18** Ngayon gawin ito.
Dahil nakipag-usap si Yahweh kay David sinasabing, 'Sa
pamamagitan ng kamay ng aking lingkod na si David ililigtas
ko ang aking mga tao ang Israel mula sa kapangyarihan
ng mga Filisteo at sa lahat ng kanilang mga kaaway.'” **19**
Kinausap din mismo ni Abner ang bayan ng Benjamin.
Pagkatapos pumunta rin si Abner upang makipag-usap kay
David sa Hebron para ipaliwanag ang lahat ng bagay na
ninanais ng Israel at ng buong sambahayan ni Benjamin na
nais tapusin. **20** Nang dumating sa Hebron si Abner at ang
dalawampu sa kaniyang mga tauhan para makipagkita kay
David, naghanda si David ng isang piging para sa kanila. **21**
Ipinaliwanag ni Abner kay David, “Ako ay aalis at titipunin
ang buong Israel para sa iyo, aking panginoon ang hari,
nang sa gayon gagawa sila ng isang kasunduan sa iyo, nang
sa gayon maaari kang maghari sa lahat ng nanaisin mo.”
Kaya pinaalis ni David si Abner, at umalis si Abner ng may
kapayapaan. **22** Pagkatapos dumating ang mga sundalo ni
David at Joab galing sa pagsalakay at may dalang maraming
mga bagay na kanilang nakuha sa panloloob. Pero si Abner
ay hindi kasama ni David sa Hebron. Pinaalis siya ni David,
at umalis si Abner ng may kapayapaan. **23** Nang si Joab at
lahat ng hukbo na kasama niya ay dumating, sinabi nila kay
Joab, “Si Abner anak na lalaki ni Ner ay nagpunta sa hari,
at ang hari ay pinaalis na siya, at umalis si Abner ng may
kapayapaan.” **24** Pagkatapos pumunta si Joab sa hari at
sinabi, “Ano ang ginawa mo? Tingnan mo, pumunta si Abner
sa iyo! Bakit mo siya pinaalis, at siya ay nakaalis na? **25**
Hindi mo ba alam na pumunta si Abner anak na lalaki ni Ner
para lokohin ka, at alamin ang iyong mga plano at malaman
ang lahat ng bagay na gagawin mo?” **26** Nang iniwan ni Joab
si David, nagpadala siya ng mga mensahero kay Abner, at
dinala siya pabalik mula sa balon ng Sira, pero hindi alam ito
ni David. **27** Nang makabalik si Abner sa Hebron, dinala
siya ni Joab sa isang tabi sa gitna ng tarangkahan para
kausapin siya ng tahimik. Doon sinaksak siya ni Joab sa
tiyan at pinatay siya. Sa ganitong paraan, naipaghiganti ni
Joab ang dugo ni Asahel na kaniyang kapatid na lalaki. **28**
Nang marinig ni David ang tungkol dito, sinabi niya, “Ako
at ang aking kaharian ay inosente sa harapan ni Yahweh
magpakailanman hinggil sa dugo ni Abner anak na lalaki ni
Ner. **29** Hayaan ang kasalanan sa pagkamatay ni Abner ay
bumagsak sa ulo ni Joab at sa lahat ng sambahayan ng
kaniyang ama. Nawa'y hindi ito maalis sa pamilya ni Joab
isang tao na mayroong tumutulong sugat o sakit sa balat o
isang pilay at dapat lumakad na mayroong isang tungkod o
pinatay sa pamamagitan ng espada o umaalis na walang
pagkain. **30** Kaya si Joab at Abisai ang kaniyang kapatid
na lalaki ay pinatay si Abner, dahil pinatay niya sa labanan
ang kanilang kapatid na lalaki na si Asahel sa Gibeon. **31**
Sinabi ni David kay Joab at sa lahat ng tao na kasama niya,
“Punitin ninyo ang inyong mga damit, maglagay ng telang
magaspang, at manangis sa harapan ng bangkay ni Abner.”
At si Haring David ay lumakad sa likod ng bangkay sa
paghahatid sa libingan. **32** Inilibing nila si Abner sa Hebron.
Umiyak ang hari at nanangis ng malakas sa puntod ni Abner,
at lahat din ng tao ay nag iyakan. **33** Ang hari ay nanangis
para kay Abner, at umawit. “Kailangan bang mamatay ni
Abner gaya sa pagkamatay ng isang mangmang? **34** Ang
iyong mga kamay ay hindi nakatali. Ang iyong mga paa ay
hindi nakakadena. habang ang isang lalaki ay bumabagsak
sa harapan ng mga anak na lalaki ng walang hustisya, kaya
ikaw ay bumagsak. “Muli ang lahat ng tao ay nagsiiyakan sa
kaniya. **35** Lumapit ang lahat ng tao kay David para pakainin
habang may araw pa, pero nangako si David, “Nawa'y gawin
sa akin ng Diyos, at ng mas matindi pa, kung titikim ako ng

tinapay o anumang bagay bago lumubog ang araw." 36 Kaya
napansin ng lahat ng tao ang pighati ni David, at nalugod
sila, gaya ng ginawa ng hari na nakalulugod sa kanila. 37
Kaya naintindihan ng lahat ng tao at ng buong Israel nang
araw na iyon na hindi ito nais ng hari na patayin si Abner
anak na lalaki ni Ner. 38 Sinabi ng hari sa kanyang mga
lingkod, "Hindi ba ninyo alam na isang prinsipe at dakilang
lalaki ang bumagsak sa araw na ito sa Israel? 39 At ako ay
mahina sa araw na ito, kahit na ako ang nahirang na hari.
ang mga kalalakihang ito, ang anak na lalaki ni Zeruias, ay
napakalupit para sa akin. Nawa'y si Yahweh ang magbayad
sa masamang tao, sa pamamagitan ng pagpaparusa sa
kaniya para sa kaniyang kasamaan, gaya ng nararapat sa
kaniya."

**4** Nang nabalitaan ni Isboset, lalaking anak ni Saul, na
namatay si Abner sa Hebron, nanghina ang kaniyang
mga kamay, at nagkagulo ang buong Israel. 2 Ngayon ang
lalaking anak ni Saul ay mayroong dalawang tauhan na mga
kapitan ng mga pangkat sundalo. Baana ang pangalan ng
isa at Recab ang isa, mga lalaking anak ni Rimon na taga-
Beerot na mga tao ni Benjamin (dahil ang Beerot ay itinuring
na bahagi ng Benjamin, 3 at tumakas ang mga taga-Beerot
putungong Gittaim at naninirahan sila roon hanggang sa
panahong ito). 4 Ngayon si Jonatan, lalaking anak ni Saul,
ay mayroong isang lalaking anak na lumpo sa kaniyang mga
paa. Limang taon gulang siya nang nabalitaan niya ang
tungkol kina Saul at Jonatan na nagmula sa Jezreel. Binuhat
siya ng kaniyang tagapangalaga para tumakas. Pero habang
tumatakbo siya, natumba ang lalaking anak ni Jonatan at
naging lumpo. Mefiboset ang kanyang pangalan. 5 Kaya ang
mga anak na lalaki ni Rimon na taga-Beerot, na sina Recab
at baana ay naglakbay ng ang panahon ay mainit papunta
sa tahanan ni Isboset, habang siya ay nagpapahinga sa
tanghali. 6 Nakatulog ang babaeng nagbabantay sa pintuan
habang sinasala ang trigo, at pumasok sina Recab at
Baana nang tahimik at dinaanan siya. 7 Kaya pagkatapos
nilang pumasok ng bahay, sinalakay nila siya at pinatay
habang nakahiga siya sa kaniyang higaan sa kaniyang silid.
Pagkatapos pinugutan nila siya ng ulo at dinala ito palayo,
buong gabi silang naglalakbay sa daan patungong Araba. 8
Dinala nila ang ulo ni Isboset kay David sa Hebron, at sinabi
nila sa hari, "Tingnan mo, ito ang ulo ni Isboset na lalaking
anak ni Saul, ang iyong kaaway, na nagbabanta sa iyong
buhay. Sa araw na ito pinaghigantihan ni Yahweh na ating
panginoon si haring si Saul at kaniyang mga kaapu-apuhan."
9 Sinagot ni David sina Recab at Baana na kaniyang kapatid,
ang mga lalaking anak ni Rimon na taga-Beerot; sinabi niya
sa kanila, "Habang nabubuhay si Yahweh, ang nagligtas sa
aking buhay mula sa bawat kaguluhan, 10 nang sinabihan
ako ng isang tao, 'Tingnan mo, patay na si Saul,' iniisip
ko na nagdadala siya ng mabuting balita, hinuli ko siya at
pinatay sa Himat Ziklag. Iyon ang gantimpala na ibinigay ko
sa kaniya para sa kaniyang balita. 11 Gaano pa kaya, kapag
pinatay ng mga masasamang lalaki ang isang taong walang
kasalanan sa kaniyang sariling bahay sa kaniyang higaan,
hindi ko ba dapat hingin ang kaniyang dugo ngayon mula sa
inyong kamay, at aalisin kayo sa mundo?" 12 Pagkatapos
nagbigay si David ng utos sa mga binata, at pinatay nila sila
at pinutol ang kanilang mga kamay at paa at isinabit sila sa
tabi ng lawa sa Hebron. Pero kinuha nila ang ulo ni Isboset
at inilibing ito sa libingan ni Abner sa Hebron.

**5** Pagkatapos pumunta ang lahat ng lipi ng Israel kay David
sa Hebron at sinabi, "Tingnan mo, kami ay iyong laman
at buto. 2 Sa nakaraang panahon, nang si Saul pa ang hari
sa ating lahat, ikaw itong nangunguna sa hukbo ng Israelita.
Sinabi ni Yahweh sa iyo, 'Magiging pastol ka ng aking bayan
ng Israel, at magiging pinuno ka ng buong Israel.'" 3 Kaya
dumating ang lahat na nakatatanda ng Israel sa hari ng
Hebron, at gumawa si Haring David ng isang kasunduan
sa kanila sa harapan ni Yahweh. Hinirang nila si David na
maging hari ng buong Israel. 4 Tatlumpung taong gulang si
David nang nagsimula siyang maghari, at naghari siya ng
apatnapung taon. 5 Sa Hebron naghari siya sa buong Juda
ng pitong taon at anim na buwan, at sa Jerusalem naghari
siya ng tatlumpu't tatlong taon sa buong Israel at Juda. 6
Pumunta ang hari at ang mga tauha niya sa Jerusalem laban
sa mga Jebuseo, ang mga mamamayan ng lupain. Sinabi
nila kay David, "Huwag kang babalik dito maliban kung
papaalisin ka sa pamamagitan ng mga bulag at lumpo. Hindi
makakapunta dito si David." 7 Gayunpaman, nasakop ni
David ang kuta ng Sion, na ngayon ay lungsod na ni David.
8 Sa oras na iyon sinabi ni David, 'Sinuman ang sasalakay sa
mga taga-Jebus ay kailangang pumunta sa pamamagitan ng
tubig at aabutin nila ang 'lumpo at bulag,' ang mga galit kay
David." kaya sinabi ng mga tao iyan, "Hindi makakapunta
ang 'bulag at lumpo' sa palasyo." 9 Kaya nanirahan si David
sa kuta at tinawag itong siyudad ni David. Pinatibay niya ang
palibot nito, mula sa terasa patungong loob. 10 Naging lubos
na makapangyarihan si David dahil kay Yahweh, ang Diyos
ng mga hukbo, ay kasama niya. 11 Pagkatapos nagpadala
ng mga mensahero si Hiram hari ng Tyre kay David, at mga
punong sedro, karpintero, at mason. Nagtayo sila ng bahay
para kay David. 12 Alam ni David na itinalaga siya ni Yahweh
bilang hari sa buong Israel, at sa gayon naging dakila
ang kaniyang kaharian para sa kapakanan ng kaniyang
bayang Israel. 13 Pagkatapos nilisan ni David ang Hebron at
pumunta sa Jerusalem, kumuha siya ng maraming kerida
at mga asawa sa Jerusalem, at maraming mga lalaking

anak at mga babaeng anak ang ipinanganak sa kaniya.
**14** Ito ang mga pangalan ng mga bata na ipinanganak sa
kaniya sa Jerusalem: Sammua, Sobab, Natan, Solomon, **15**
Ibhar, Elisua, Nefeg, Jafia, **16** Elisama, Eliada, at Elifelet. **17**
Ngayon nang mabalitaan ng mga Filisteo na nahirang na si
David bilang hari ng buong Israel, lumabas silang lahat para
makita siya. Pero nabalitaan ni David ito at bumaba siya sa
kuta. **18** Ngayon dumating ang mga Filisteo at nagsikalat
sa lambak ng Refaim. **19** Pagkatapos humingi si David ng
tulong mula kay Yahweh. Sinabi niya, "Kailangan ko bang
salakayin ang Filisteo? Bibigyan mo ba ako ng tagumpay
laban sa kanila?" Sinabi ni Yahweh kay David, "Salakayin
mo, dahil siguradong bibigyan kita ng tagumpay laban sa
Filisteo." **20** Kaya sinalakay ni David ang Baal Perazim, at
doon tinalo niya sila. Sinabi niya, "Pinatumba ni Yahweh
ang aking mga kalaban sa aking harapan katulad ng isang
rumaragasang tubig baha." Kaya naging Baal Perazim ang
pangalan ng lugar na iyon. **21** Iniwan ng mga taga-Filisteo
ang kanilang mga diyus-diyosan doon, at dinala ni David at
kaniyang mga tauhan ang mga ito. **22** Pagkatapos umakyat
muli ang mga taga-Filisteo at nagsikalat sa lambak ng
Refaim. **23** Kaya muling humingi si David ng tulong mula kay
Yahweh, at sinabi ni Yahweh sa kaniya, "Hindi mo dapat
salakayin ang kanilang harapan, pero palibutan mo ang
likuran nila at lapitan mo sila sa pamamagitan ng mga kahoy
ng balsam. **24** Kapag narinig mo ang tunog ng pag-ihip ng
hangin sa itaas ng mga punong balsam, salakayin mo sila
nang may lakas. Gawin mo ito dahil pangungunahan ka ni
Yahweh para salakayin ang hukbong ng mga taga-Filisteo."
**25** Kaya ginawa ni David ang inutos ni Yahweh sa kaniya.
Pinatay niya ang mgataga-Filisteo mula sa Geba hanggang
sa Gezer.

**6** Ngayon sama-samang tinipon muli ni David ang lahat
ng mga kalalakihan ng Israel na pinili niya, na tatlumpung
libo. **2** Tumayo si David at umalis kasama ang lahat niyang
mga kalalakihan na sumama sa kaniya mula sa Baala
sa Juda para dalhin ang kaban ng Diyos, na tinawag sa
pamamagitan ng pangalan ni Yahweh ng mga hukbo, na
nakaupo sa kadakilaan ng buong kerubin. **3** Nilagay nila
ang kaban ng Diyos sa isang bagong kariton. Inilabas
nila ito sa bahay ni Abinadab, na naroon sa isang burol.
Pinapatnubayan nina Uzza at Ahio, kaniyang mga lalaking
anak, ang bagong kariton. **4** Inilabas nila ang kariton sa
bahay ni Abinadab sa ibabaw ng burol kasama ang kaban
ng Diyos nito. Naglalakad si Ahio sa harapan ng kaban. **5**
Pagkatapos nagsimulang magdiwang si David at ang buong
sambahayan ng Israel sa harapan ni Yahweh, nagdiriwang
gamit ang mga instrumentong gawa sa pinong kahoy, mga
alpa, mga kudyapi, mga tamburin, mga kalansing, at mga
pompyang. **6** Nang dumating sila sa giikang sahig ni Nacon,
natumba ang mga toro, at inabot ni Uzza ang kaniyang
kamay para damputin ang kaban ng Diyos, at nakuha
niya ito. **7** Pagkatapos ang galit ni Yahweh ang sumunog
kay Uzza. Sinunog siya ng Diyos doon dahil sa kaniyang
kasalanan. Namatay si Uzza roon sa tabi ng kaban ng Diyos.
**8** Nagalit si David dahil pinarusahan ni Yahweh si Uzza,
at tinawag niya ang pangalan ng lugar na iyon na Perez
Uzza. Hanggang sa araw na ito tinatawag ang lugar na iyon
na Perez Uzza. **9** Sa araw na iyon natakot si David kay
Yahweh. Sinabi niya, "Paano mapupunta sa akin ang kaban
ni Yahweh?" **10** Kaya hindi pumayag si David na dalhin niya
ang kaban ni Yahweh papasok sa lungsod ni David. Sa
halip, inilagay niya ito sa tabi ng bahay ni Obed Edom na
taga-Gat. **11** Nanatili ang kaban ni Yahweh sa bahay ni Obed
Edom na taga-Gat nang tatlong buwan. Kaya pinagpala
siya ni Yahweh at ang kaniyang buong sambahayan. **12**
Ngayon sinabihan si Haring David, "Pinagpala ni Yahweh
ang bahay ni Obed Edom at lahat ng bagay na pag-aari
niya dahil sa kaban ng Diyos." Kaya pumunta si David at
dinala ang kaban ng Diyos mula sa bahay ni Obed Edom
patungo sa lungsod ni David nang may kagalakan. **13** Nang
nakaanim na hakbang ang mga nagdadala ng kaban ni
Yahweh, nag-alay siya ng isang toro at isang matabang
baka. **14** Sumayaw si David sa harapan ni Yahweh nang ng
kaniyang buong kalakasan; nagsuot lamang siya ng isang
linong epod. **15** Kaya dinala ni David at ng buong kabahayan
ng Israel ang kaban ni Yahweh na may sigawan at tunog ng
mga trumpeta. **16** Ngayon pagdating ng kaban ni Yahweh sa
loob ng lungsod ni David, dumungaw sa labas ng bintana
si Mical, na babaeng anak ni Saul. Nakita niya si Haring
David na tumatalon at sumasayaw sa harapan ni Yahweh.
Pagkatapos kinamuhian niya siya sa kaniyang puso. **17**
Dinala nila sa loob ang kaban ni Yahweh at inilagay ito
sa kaniyang lugar, sa gitna ng tolda na ipinatayo ni David
para dito. Pagkatapos naghandog si David ng mga sinunog
na handog at handog para sa pagtitipon-tipon sa harapan
ni Yahweh. **18** Nang matapos si David sa pag-aalay ng
sinunog na mga handog at mga handog para sa pagtitipon-
tipon, pinagpala niya ang mga tao sa pangalan ni Yahweh
ng mga hukbo. **19** Pagkatapos namahagi siya sa mga tao,
sa kabuuang dami ng Israel, sa mga lalaki at mga babae,
ng isang buong tinapay, isang piraso ng karne, at isang
mamong pasas. Pagkatapos umalis ang lahat ng mga tao;
at bumalik ang bawat isa sa kanilang sariling bahay. **20**
Pagkatapos bumalik si David para pagpalain ang kaniyang
pamilya. Dumating si Mical, ang babaeng anak ni Saul, para
salubungin si David at sinabi, "Labis na pagpaparangal ang
hari ng Israel sa araw na ito, na hinubaran ang kaniyang

sarili sa harapan ng mga mata ng mga babaeng alipin
na kaniyang mga lingkod, katulad ng isang taong walang
hiya na hindi nahihiyang hubaran ang kaniyang sarili!" 21
Sumagot si David kay Mical, "Ginawa ko iyon sa harapan ni
Yahweh, na pinili niya ako na mas mataas sa iyong ama
at mataas sa lahat ng kaniyang pamilya, na itinalaga ako
maging pinuno ng buong tao ni Yahweh, sa buong Israel. Sa
harapan ni Yahweh magagalak ako! 22 Magiging higit pa
akong 'hubad' higit pa dito. Mapapahiya ako sa sarili kong
mga mata, pero sa lahat mga babaeng alipin na sinasabi
mo, magiging marangal ako." 23 Kaya si Mical, ang babaeng
anak ni Saul, ay hindi nagkaroon ng mga anak hanggang sa
araw ng kaniyang kamatayan.

**7** Nangyari ito matapos manirahan ng hari sa kaniyang
bahay, at matapos siyang binigyan ng kapahingahan ni
Yahweh mula sa lahat ng kaniyang nakapalibot na mga
kaaway, 2 sinabi ng hari kay Natan na propeta, "Tingnan mo,
naninirahan ako sa isang tahanang cedar, pero nananatili sa
gitna ng isang tolda ang kaban ng Diyos." 3 Pagkatapos
sinabi ni Natan sa hari, "Humayo ka, gawin mo kung ano
ang nasa iyong puso, dahil kasama mo si Yahweh." 4 Pero
nang gabi ring iyon, dumating ang salita ni Yahweh kay
Natan at sinabi, 5 "Pumunta ka, at sabihin kay David na
aking lingkod, 'Ito ang sinasabi ni Yahweh: Gagawan mo ba
ako ng isang bahay na matitirahan? 6 Dahil hindi ako tumira
sa isang bahay simula ng araw na dinala ko ang mga tao ng
Israel palabas ng Ehipto hanggang sa kasalukuyan; sa halip,
palagi akong lumilipat sa isang tolda, isang tabernakulo.
7 Sa lahat ng lugar kung saan lumilipat ako kasama ang
lahat ng tao ng Israel, may nasabi ba akong anumang bagay
sa sinuman sa mga pinuno ng Israel na hinirang ko para
pangalagaan ang aking mga lahing Israel, sinasabing, "Bakit
hindi mo ako ginawan ng isang bahay na cedar?"'" 8 Sa
gayon, sabihin mo sa aking lingkod na si David, "Ito ang
sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo: 'Kinuha kita mula sa
pastulan, mula sa pagsunod sa mga tupa, para maging
pinuno ka ng Israel aking mga tao. 9 Sasamahan kita saan
ka man pumunta at tinalo ko ang lahat ng iyong mga kaaway
mula sa iyong harapan. At gagawa ako ng isang dakilang
pangalan para sa iyo, kagaya ng pangalan ng mga dakilang
nasa sanlibutan. 10 Pipili ako ng isang lugar para sa Israel
na aking mga tao at ilalagay sila roon, para mamuhay sila sa
kanilang sariling lugar at hindi na muling guguluhin. Wala ng
mga masasamang tao ang magpapahirap sa kanila, gaya
ng dating ginawa sa kanila, 11 gaya nang ginagawa nila
mula sa mga araw na inutusan ko ang aking mga hukom
na maging pinuno sa aking lahing Israel. At bibigyan kita
ng kapahingahan mula sa lahat ng iyong mga kaaway.
Karagdagan pa, Ako si Yahweh, ipinapahayag ko sa iyo na
gagawin kitang tahanan. 12 Kapag ang iyong mga araw
ay natupad na at mamahinga kasama ng iyong mga ama,
magtatatag ako ng isang kaapu-apuhan kasunod mo, isa na
manggagaling sa iyong katawan, at itatatag ko ang kaniyang
kaharian. 13 Gagawa siya ng isang tahanan para sa aking
pangalan, at itatatag ko ang trono ng kaniyang kaharian
magpakailanman. 14 Magiging isang ama ako sa kaniya, at
magiging anak ko siya. Kapag magkasala siya, parurusahan
ko siya ng pamalo ng mga kalalakihan at may kasamang
paghagupit sa mga anak ng tao. 15 Pero hindi siya iiwan
ng aking tipan ng katapatan, gaya ng pagkuha nito kay
Saul, na inalis ko mula sa harapan mo. 16 Pagtitibayin ang
iyong tahanan at kaharian magpakailanman sa harapan mo.
Itatatag ang iyong trono magpakailanman.'" 17 Nagsalita
si Natan kay David at ibinalita sa kaniya ang lahat ng
mga salitang ito, at sinabi niya sa kaniya ang tungkol sa
buong pangitain. 18 Pagkatapos pumasok at umupo si
haring David sa harapan ni Yahweh; sinabi niya, "Sino ako,
Yahweh O'Diyos, at sino ang aking pamilya na dinala mo sa
puntong ito? 19 At ito ay maliit na bagay sa iyong paningin,
Panginoong Yahweh. Nagsalita ka tungkol sa lingkod ng
iyong pamilya para sa isang dakilang sandali, at ipinakita sa
akin ang mga hinaharap na salinlahi, Panginoong Yahweh!
20 Ano pa ang maaaring sabihin ko, na si David, sa iyo?
Pinarangalan mo ang iyong lingkod, Panginoong Yahweh. 21
Alang-alang sa iyong salita, at para tuparin ang iyong sariling
layunin, ginawa mo ang dakilang bagay na ito at ibinunyag
ito sa iyong lingkod. 22 Kaya dakila ka, Panginoong Yahweh.
Dahil wala kang katulad, at walang ibang Diyos maliban
sa iyo, gaya ng narinig ng aming mga sariling tainga. 23
At anong bansa ang katulad ng iyong lahing Israel, na
nag-iisang bansa sa sanlibutan na pinuntahan at iniligtas
mo, O' Diyos, para sa iyong sarili? Ginawa mo ito para
maging isang lahi sila para sa iyong sarili, para gumawa
ng pangalan para sa iyong sarili, at gumawa ng dakila at
nakakatakot na gawain para sa iyong lupain. Pinalayas
mo ang mga bansa at kanilang mga diyus-diyosan mula
sa harapan ng iyong mga tao, na iniligtas mo mula sa
Ehipto. 24 Itinatag mo ang Israel bilang iyong sariling lahi
magpakailanman, at ikaw Yahweh, ang naging kanilang
Diyos. 25 Kaya ngayon, Yahweh O'Diyos, nawa'y itatag
ang iyong ginawang pangako hinggil sa iyong lingkod at
kaniyang pamilya magpakailanman. Gawin mo gaya ng
iyong sinabi. 26 Nawa'y maging dakila ang iyong pangalan
magpakailanman, para sabihin ng mga tao, 'Si Yahweh ng
mga hukbo ay Diyos ng Israel,' habang ang tahanan ko,
David, na iyong lingkod, ay itatag sa harapan mo. 27 Para sa
iyo, Yahweh ng mga hukbo, ang Diyos ng Israel, ibinunyag
mo sa iyong lingkod na gagawan mo siya ng isang tahanan.

Kaya nga ako, na iyong lingkod, nakatagpo ng lakas ng loob
para manalangin sa iyo. 28 Ngayon, Panginoong Yahweh,
ikaw ay Diyos, at mapagkakatiwalaan ang iyong mga salita,
at ginawa mo ang mabuting pangakong ito sa iyong lingkod.
29 Kaya ngayon, malugod mong pagpalain ang bahay ng
iyong lingkod, para magpatuloy ito magpakailanman sa
harapan mo. Dahil ikaw, Panginoong Yahweh, ang nagsabi
ng mga bagay na ito, at sa iyong pagpapala ang bahay ng
iyong lingkod ay pagpapalain magpakailanman."

**8** Matapos mangyari ito sinalakay ni David ang Filisteo
at tinalo sila. Kaya nakuha ni David ang Gat at mga
nayon nito mula sa pamamahala ng mga taga-Filisteo. 2
Pagkatapos tinalo niya ang Moab at sinukat ang kanilang
mga kalalakihan gamit ang isang tali sa pamamagitan ng
pagpapahiga sa kanila sa lupa. Sinukat niya ng dalawang tali
para ipapatay, at ang isang buong tali ay para panatilihing
buhay. Kaya naging mga lingkod ni David ang mga taga-
Moab at sinumulan siyang bigyan ng pagkilala. 3 Pagkatapos
tinalo ni David si Hadadezer lalaking anak ni Rehob, na hari
ng Soba, habang naglalakbay para bawiin ang kaniyang
pamumuno sa Ilog ng Eufrates. 4 Binihag ni David mula
sa kaniya ang 1, 700 karwahe at 20, 000 kalalakihang
naglalakad. Pinilay lahat ni David ang mga kabayo ng
karwaheng pandigma, pero naglaan siya ng isandaang
karwahe na sapat para sa kanila. 5 Nang dumating ang
mga Arameo ng Damasco para tulungan si Hadadezer na
hari ng Soba, pinatay ni David ang dalawampu't dalawang
libong kalalakihan ng Arameo. 6 Pagkatapos inilagay ni
David ang mga kuta sa Aram ng Damasco, at naging mga
lingkod niya ang mga Arameo at siya ay kinilala. Ibinigay ni
Yahweh ang tagumpay kay David saan man siya magtungo.
7 Kinuha ni David ang mga gintong kalasag na nasa mga
lingkod ni Hadadezer at dinala ang mga ito sa Jerusalem. 8
Kinuha ni Haring David ang napakaraming tanso, mula sa
Betaat Berotai, mga lungsod ni Hadadezer. 9 Nang narinig
ni Toi, hari ng Hamat na tinalo ni David ang buong hukbo ni
Hadadezer, 10 pinadala ni Toi ang kaniyang anak na lalaki
na si Hadoram kay Haring David para batiin at purihin siya,
dahil nakipaglaban si David kay Hadadezer at tinalo niya
ito, at dahil nakipagdigmaan si Hadadezer laban kay Toi.
Kasamang daladala ni Hadoram ang pilak, ginto at tanso.
11 Hinandog ni Haring David ang mga bagay na ito kay
Yahweh, kasama ang pilak at ginto mula sa lahat ng mga
bansa na kaniyang nasakop— 12 mula sa Aram, Moab, mga
bayan ng Ammon, mga taga-Filisteo, at Amalek, kasama ang
lahat ng mga gamit na nakuha sa panloloob ni Hadadezer
na anak na lalaki ni Rehob, ang hari ng Soba. 13 Naging
tanyag ang pangalan ni David nang bumalik siya mula sa
pananakop sa mga Arameo sa lambak ng Asin, kasama
ang kanilang labing walong libong tauhan. 14 Inilagay niya
ang mga kuta sa buong Edom, at naging lingkod niya ang
lahat ng mga taga-Edom. Ibinigay ni Yahweh ang tagumpay
kay David saan man siya nagtungo. 15 Naghari si David sa
buong Israel, at ipinatupad niya ang katarungan at katuwiran
sa lahat ng kaniyang mga tao. 16 Naging pinuno ng hukbo
si Joab anak na lalaki ni Zeruias, at naging tagapagtala si
Jehoshafat anak na lalaki ni Ahilud. 17 Naging pari sina
Zadok anak na lalaki ni Ahitub at Ahimelec anak na lalaki
ni Abiatar, at naging manunulat si Seraya. 18 Namuno si
Benaias anak na lalaki ni Joaida sa mga Kereteo at mga
Peleteo, at naging punong tagapayo ng hari ang mga anak
na lalaki ni David.

**9** Sinabi ni David, "Mayroon pa bang natitira sa pamilya
ni Saul na maaari kong mapakitaan ng kagandahang
loob alang-alang kay Jonatan?" 2 May isang lingkod sa
pamilya ni Saul na ang pangalan ay Siba, at ipinatawag
siya para kay David. Sinabi ng hari sa kaniya, "Ikaw ba
si Siba?" Tumugon siya, "Oo. Ako ang inyong lingkod." 3
Kaya sinabi ng hari, "Mayroon pa bang natitira sa pamilya
ni Saul na maaari kong mapakitaan ng kagandahang loob
sa Diyos?" Tumugon si Siba sa hari, "May nalalabi pang
anak na lalaki si Jonatan, na pilay ang paa." 4 Sinabi ng
hari sa kaniya, "Nasaan siya?" Tumugon si Siba sa hari,
"Nasa bahay siya ni Maquir anak na lalaki ni Ammiel sa
Lo Debar." 5 Pagkatapos ipinasundo at ipinakuha siya ni
Haring David sa bahay ni Maquirr anak na lalaki ni Ammiel
mula sa Lo Debar. 6 Kaya nagtungo si Mefibosheth kay
David anak na lalaki ni Jonatan na anak na lalaki ni Saul at
iniyuko ang kaniyang mukha sa lupa para gumalang kay
David. Sinabi ni David, "Mefiboshet." Sumagot siya, "Ako
ang inyong lingkod!" 7 Sinabi ni David sa kaniya, Huwag
kang matakot, dahil titiyakin kong kagandahang-loob ang
ipapakita ko sa iyo alang-alang kay Jonatan na iyong ama at
ibabalik ko sa iyo ang lahat ng lupain ni Saul na iyong lolo,
at lagi kang kakain sa aking lamesa." 8 Yumuko si Mefiboset
at sinabing, "Ano ba ang iyong lingkod, na dapat mong
pakitaan ng pabor ang tulad kong isang patay na aso?" 9
Pagkatapos tinawag ng hari si Siba, lingkod ni Saul at sinabi
sa kaniya, "Ibinigay ko sa anak na lalaki ng iyong amo ang
lahat ng mga ari-arian ni Saul at ng kaniyang pamilya. 10
Ikaw ang mag-aararo ng lupa para sa kaniya, ikaw at iyong
mga anak na lalaki at iyong mga lingkod, at dapat anihin
ninyo ang mga pananim para ang apo ng iyong amo ay
magkaroon ng makakain. Pero si Mefisobet lalaking apo ng
iyong amo ay laging kakain sa aking lamesa." Mayroong
labing limang anak na lalaki at dalawampung lingkod si
Siba. 11 Pagkatapos sinabi ni Siba sa hari, "Gagawin lahat
ng iyong lingkod ang mga iniuutos ng aking among hari sa

kaniyang lingkod.” Idinagdag ng hari, “Tungkol naman kay
Mefisobet siya ay kakain sa aking lamesa, tulad ng isa sa
mga anak na lalaki ng hari. 12 May isang binatang anak
na lalaki si Mefisobet na ang pangalan ay Mica. At ang
lahat ng nakatira sa bahay ni Siba ay naging mga lingkod ni
Mefisobet. 13 Kaya nanirahan si Mefisobet sa Jerusalem,
at lagi siyang kumakain sa lamesa ng hari, kahit pilay ang
pareho niyang paa.

**10** Dumating ang panahon na namatay ang hari ng mga
Ammon, at ang anak niyang si Hanun ang naging
hari kapalit niya. 2 Sinabi ni David, “Magpapakita ako ng
kagandahang-loob kay Hanun na anak ni Nahas, tulad
ng kabutihang ipinakita ng kaniyang ama sa akin.” Kaya
ipinadala ni David ang kaniyang mga lingkod para makiramay
kay Hanun tungkol sa kaniyang ama. Pumasok ang kaniyang
mga lingkod sa lupain ng mga lahi ng Ammon. 3 Pero ang
sinabi ng mga pinuno ng lahi ng Ammon kay Hanun na
kanilang amo, “Sa palagay mo ba talagang ginagalang ni
David ang iyong ama dahil nagpadala siya ng mga tauhan
para makiramay sa iyo? Hindi ba ipinadala ni David ang
kaniyang mga lingkod sa iyo para tingnan ang lungsod, para
magmanman at para pabagsakin ito?” 4 Kaya kinuha ni
Hanun ang mga lingkod ni David at inahitan ang kanilang
mga balbas, pinutulan ang kanilang mga damit hanggang
sa kanilang mga puwitan, at pinaalis. 5 Nang ipinaliwanag
nila ito kay David, ipinatawag niya ang mga ito para sila ay
makita, dahil hiyang-hiya ang mga kalalakihan. Sinabi ng
hari, “Manatili kayo sa Jerico hanggang tumubo muli ang
inyong balbas, at bumalik pagkatapos.” 6 Nang makita ng
mga tao ng Ammon na sila ay naging isang masangsang
na amoy kay David, nagpadala ng mga sugo ang mga tao
ng Ammon at inupahan ang mga Arameo sa Bet Rehob at
Soba, mga dalawampung libong sundalong naglalakad, at
kasama ni haring Maaca ang isang libong kalalakihan, at
mga tauhan ni Tob na may labindalawang libong kalalakihan.
7 Nang marinig ito ni David, ipinadala niya si Joab at ang
buong hukbo ng mga sundalo. 8 Lumabas ang mga taga-
Ammon at bumuo ng isang hanay ng pandigma sa pasukan
ng kanilang tarangkahan, habang nakatayo sa bukirin ang
mga Arameo sa Soba at sa Rehob, at mga tauhan ni Tob at
si Maaca. 9 Nang makita ni Joab ang pandigmang mga
hanay sa kaniyang harapan at likod, pinili niya ang ilan sa
mga magagaling na mandirigma ng Israel at hinanda sila
laban sa mga Arameo. 10 Ibinigay niya ang pamumuno
sa kapatid niyang lalaki na si Abisai ang mga nalalabing
hukbo, at inilagay sila sa mga hanay ng pandigma laban sa
hukbo ng Ammon. 11 Sinabi ni Joab, “Kung mas malalakas
ang mga Arameo para sa akin, kung gayon ikaw Abisai
ang dapat magligtas sa akin. Pero kung mas malalakas
ang hukbo ng Ammon para sa iyo, sa gayon pupunta ako
at ililigtas ka. 12 Magpakatatag ka, at ipakitang malakas
tayo para sa ating mga tao at para sa mga lungsod ng
ating Diyos, dahil gagawin ni Yahweh kung ano ang mabuti
para sa kaniyang layunin.” 13 Kaya sumulong si Joab at
ang mga sundalo ng kaniyang hukbo sa digmaan laban
sa mga Arameo, na napilitang tumakas mula sa hukbo ng
Israel. 14 Nang nakita ng hukbo ng Ammon na tumakas ang
mga Arameo, tumakas din sila mula kay Abisai at bumalik
papasok ng lungsod. Pagkatapos nagbalik si Joab mula sa
mga tao ng Ammon at bumalik ng Jerusalem. 15 At nang
nakita ng mga Arameo na sila ay natalo ng Israel, muli silang
nagtipon-tipon. 16 Pagkatapos pinatawag ni Hadadezer
ang hukbo ng mga Arameo mula sa dulo ng Ilog Eufrates.
Nagtungo sila sa Helam kasama si Sobac, ang pinuno ng
hukbo ni Hadarezer na nasa kanilang unahan. 17 Nang
sinabi ito kay David, pinagsama-sama niya ang buong Israel,
tinawid ang Jordan, at dumating sa Helam. Hinanda ng
mga Arameo ang kanilang sarili sa pandigmang mga hanay
laban kay David at nilabanan siya. 18 Tumakas ang mga
Arameo mula sa Israel. Pinatay ni David ang pitong daang
sundalong Arameo na sakay sa karwahe at apatnapung
libong sundalong nakakabayo. Nasugatan at namatay doon
si Sobac ang pinuno ng kanilang hukbo. 19 Nang makita ng
lahat ng mga hari na mga lingkod ni Hadadezer na tinalo sila
ng Israel, nakipagkasundo sila sa Israel at sila ay naging
mga bihag. Kaya natakot ang mga Arameo na tulungan pa
ang mga tao ng Ammon.

**11** Dumating ang panahon ng tagsibol, ng panahong iyon
karaniwang pumupunta ang mga hari sa digmaan,
ipinadala ni David si Joab at ang kaniyang mga lingkod,
at ang buong hukbo ng Israel. Winasak nila ang hukbo ng
Ammon at kinubkob ang Rabba. Pero si David ay nanatili
sa Jerusalem. 2 Kaya isang gabi nang bumangon si David
mula sa kaniyang higaan at naglakad-lakad sa bubong
ng kaniyang palasyo. Mula roon nagkataong nakita niya
ang isang babaeng naliligo, at sadyang napakagandang
pagmasdan. 3 Kaya nagpatawag si David ng mga tao at
tinanong kung sino ang nakakakilala sa babaeng iyon.
May isang nagsabi, “Hindi ba ito si Batsheba, ang anak
na babae ni Eliam, hindi ba asawa siya ni Urias na anak
na Heteo?” 4 Nagpadala si David ng mga sugo at siya ay
ipinakuha; nagtungo ang babae sa kaniya, at sinipingan
siya ni David (kakatapos lamang niyang gawing dalisay ang
kaniyang sarili mula sa pagreregla). Pagkatapos bumalik
siya sa kaniyang bahay. 5 Nabuntis ang babae, at pinasabi
niya kay David; sinabi niyang, “Buntis ako.” 6 Pagkatapos
nagpadala ng liham si David kay Joab, na nagsasabing,
“Ipadala si Urias na isang Heteo.” Kaya ipinadala ni Joab si

Urias kay David. 7 Nang dumating si Urias, tinanong siya
ni David kung kumusta si Joab, kamusta ang ginagawa
ng mga hukbo, at kumusta ang nangyayaring digmaan.
8 Sinabi ni David kay Urias, “Umuwi ka sa iyong bahay,
at hugasan mo ang iyong paa.” Kaya umalis si Urias sa
palasyo ng hari, at nagpadala ng isang regalo ang hari para
kay Urias matapos siyang umalis. 9 Pero natulog si Urias sa
pintuan ng palasyo ng hari kasama ang lahat ng mga lingkod
ng kaniyang amo, at hindi siya umuwi sa kaniyang bahay.
10 Nang sinabi nila kay David, “Hindi umuwi si Urias sa
kaniyang bahay,” Sinabi ni David kay Urias, “Hindi ba galing
ka sa paglalakbay? Bakit hindi ka umuwi sa iyong bahay? 11
Sumagot si Urias kay David, “Ang kaban, at ang Israel at
Juda ay nananatili sa mga tolda, at nakakampo ang aking
amo na si Joab at kaniyang mga lingkod sa isang hayag
na bukid. Paano ako mamakapunta sa aking bahay para
kumain at uminom at sumiping sa aking asawa? Titiyakin
kong habang ikaw ay nabubuhay, hindi ko ito gagawin.”
12 Kaya sinabi ni David kay Urias, “Manatili ka rin ngayon
dito, at bukas hahayaan kitang makaalis.” Kaya nanatili si
Urias sa Jerusalem sa araw na iyon at sa sumunod na araw.
13 Nang pinatawag siya ni David, kumain siya at uminom
kasama niya, at nilasing siya ni David. Kinagabihan lumabas
si Urias para matulog sa kaniyang higaan kasama ang mga
lingkod ng kaniyang amo; hindi siya umuwi sa kaniyang
bahay. 14 Kaya kinabukasan sumulat si David ng isang liham
kay Joab, at pinadala ito sa kamay ni Urias. 15 Sumulat si
David ng liham na nagsasabing, “Ilagay si Urias sa pinaka
harap ng matinding labanan, at pagkatapos pabayaan siya,
para matamaan at mamatay.” 16 Kaya habang pinapanood
ni Joab ang paglusob sa lungsod, itinalaga niya si Urias
sa lugar na kung saan alam niyang malalakas ang mga
sundalong kaaway na kaniyang masasagupa. 17 Nang
lumabas ang mga kalalakihan sa lungsod at nakipaglaban
sa hukbo ni Joab, napatumba ang ilan sa mga sundalo ni
David, at namatay rin doon si Urias na isang Heteo. 18
Nang nagpadala ng liham si Joab kay David tungkol sa
lahat ng bagay na nauukol sa digmaan, 19 inutusan niya
ang sugo, sa pagsasabing, “Kapag matapos mong sabihin
ang lahat ng mga bagay tungkol sa digmaan sa hari, 20
mangyayari na magalit ang hari, at sasabihin niya sa iyo,
'Bakit kayo lumapit nang husto sa lungsod para lumaban?
Hindi ninyo ba alam na nagpapatama sila ng palaso mula
sa pader? 21 Sino ang pumatay kay Abimelec anak na
lalaki Jerubeset? Hindi ba isang babae ang naghagis ng
isang gilingang pang-ibabaw sa kaniya mula sa pader, kaya
namatay siya sa Tebez? Bakit kayo lumapit ng husto sa
pader?' Kung gayon ang dapat mong isagot, 'Ang lingkod
mong si Urias na isa Heteo ay patay na rin.'” 22 Kaya umalis
ang ipinadalang mensahero at nagtungo kay David at sinabi
sa kaniya ang lahat ng bagay na ipinasasabi ni Joab sa
kaniya. 23 At sinabi ng mensahero kay David, “Higit na
malakas ang mga kaaway kaysa sa amin sa simula pa lang;
kami ay sinalakay nila sa bukid, pero napaatras namin sila
sa pasukan ng tarangkahan. 24 At tinamaan ng kanilang
mga tagapana ang inyong mga sundalo mula sa pader, at
ilan sa mga lingkod ng hari ay napatay, at napatay rin ang
iyong lingkod na si Urias na isang Heteo.” 25 Pagkatapos
sinabi rin ni David sa mensahero, “Sabihin mo ito kay Joab,
'Huwag mo itong ikalungkot, dahil nasasakmal ng espada
ang kahit sino. Gawin mong higit na mas malakas ang iyong
pakikipagdigmaan laban sa lungsod, at pabagsakin ito.' At
palakasin mo ang loob ni Joab.” 26 Kaya nang marinig
ng asawa ni Urias na patay na ang kaniyang asawa, siya
ay lubos na nanangis para sa kaniyang asawa. 27 Nang
lumipas ang kaniyang kalungkutan, ipinakuha siya ni David
at dinala siya sa kaniyang palasyo, at naging asawa niya ito
at nagkaroon sila ng anak na lalaki. Pero ang ginawa ni
David ay hindi kalugud-lugod kay Yahweh.

**12** Pagkatapos ipinadala ni Yahweh si Natan kay David.
Pumunta siya sa kaniya at sinabi, “May dalawang lalaki
sa isang lungsod. Mayaman ang isang lalaki at mahirap
ang isa. 2 Maraming bakahan at kawan ang mayamang
lalaki, 3 pero ang mahirap na lalaki ay wala maliban sa
isang maliit na babaeng tupa na binili niya at pinakain at
pinalaki. Lumaki iyon kasama niya at kasama ng kaniyang
mga anak. Kumakain ang tupa kasama niya at umiinom mula
sa kaniyang sariling tasa at natutulog iyon sa kaniyang mga
bisig at parang isang anak na babae sa kaniya. 4 Isang araw
may isang panauhin ang dumating sa mayamang lalaki,
pero ayaw ng mayamang lalaki na kumuha ng isang hayop
mula sa kaniyang sariling bakahan at mga kawan para
magbigay ng pagkain para sa kaniya. Sa halip kinuha niya
ang babaeng tupa ng mahirap na lalaki at niluto ito para sa
kaniyang panauhin.” 5 Nag-aapoy sa galit si David laban sa
mayamang lalaki at nagalit siya ng labis kay Natan, “Habang
si Yahweh ay nabubuhay, dapat patayin ang lalaking gumawa
nito. 6 Dapat niyang bayaran ang tupa ng apat na beses
dahil ginawa niya ang ganoong bagay at dahil wala siyang
awa sa mahirap na lalaki.” 7 Pagkatapos sinabi ni Nathan
kay David, “Ikaw ang lalaking iyon! Sinabi ni Yahweh, ang
Diyos ng Israel, 'Pinahiran kita ng langis para maging hari ng
buong Israel at iniligtas kita mula sa kamay ni Saul. 8 Ibinigay
ko sa iyo ang bahay ng iyong amo at ang mga asawa ng
iyong amo sa iyong mga bisig. Ibinigay ko rin sa iyo ang
bahay ng Israel at Juda. At kung kulang pa iyon, ibibigay ko
pa sana sa iyo ang maraming bagay bilang karagdagan. 9
Kaya bakit mo inalipusta ang mga utos ni Yahweh, para

gumawa ng masama sa kaniyang paningin? Pinatay mo si
Urias ang Heteo sa pamamagitan ng espada at kinuha ang
kaniyang asawa upang maging iyong sariling asawa. Pinatay
mo siya sa pamamagitan ng espada ng hukbo ng Ammon.
**10** Kaya ngayon hindi aalis ang espada sa iyong bahay,
dahil inalipusta mo ako at kinuha ang asawa ni Urias ang
Heteo bilang iyong asawa.' **11** Sinabi ni Yahweh, 'Tingnan,
ibabangon ko ang kapahamakan laban sa iyo mula sa iyong
sariling bahay. Sa harapan ng iyong mga mata, kukunin ko
ang iyong mga asawa at ibibigay sila sa iyong kapwa at
sisipingan niya ang iyong mga asawa sa maliwanag na araw.
**12** Dahil palihim mong ginawa ang iyong kasalanan, pero
gagawin ko ang bagay na ito sa harapan ng buong Israel, sa
tanghaling-tapat.'" **13** Pagkatapos sinabi ni David kay Natan,
"Nagkasala ako laban kay Yahweh." Sumagot si Natan kay
David, "Pinatawad na rin ni Yahweh ang iyong kasalanan.
Hindi ka papatayin. **14** Gayunman, dahil sa gawaing ito
inalipusta mo si Yahweh, tiyak na mamamatay ang batang
isisilang sa iyo." **15** Pagkatapos umalis si Natan at umuwi.
Sinaktan ni Yahweh ang anak ng asawa ni Urias kay David
at lubha siyang nagkasakit. **16** Pagkatapos nagsumamo si
David sa Diyos para sa bata. Nag-ayuno si David at pumunta
sa loob at buong gabing humiga sa sahig. **17** Bumangon
at tumayo sa tabi niya ang mga nakatatanda sa kaniyang
bahay, para ibangon siya mula sa sahig, pero hindi siya
bumangon at hindi siya kumain kasama nila. **18** Nangyari
na sa ika-pitong araw namatay ang bata. Natakot ang mga
lingkod ni David na sabihin sa kaniya na patay na ang bata,
dahil sinabi nila, "Tingnan mo, habang buhay pa ang bata
kinausap natin siya at hindi siya nakinig sa ating boses.
Baka kung ano gawin niya sa kanyang sarili kung sasabihin
natin sa kaniyang patay na ang bata?!" **19** Pero nang makita
ni David na nagbubulungan ang kaniyang mga lingkod,
naghinala si David na patay na ang bata. Sinabi niya sa
kaniyang mga lingkod, "Patay na ba ang bata?" Sumagot
sila, "Patay na siya." **20** Pagkatapos bumangon si David
mula sa sahig at hinugasan ang kaniyang sarili, pinahiran ng
langis ang kaniyang sarili at pinalitan ang kaniyang mga
damit. Pumunta siya sa tabernakulo ni Yahweh at sumamba
doon at pagkatapos bumalik sa kaniyang sariling palasyo.
Nang hilingin niya ito, naghanda sila ng pagkain sa kanyang
harapan at kumain siya. **21** Pagkatapos sinabi ng kaniyang
mga lingkod sa kaniya, "Bakit mo ginawa ito? Nag-ayuno
ka at umiyak para sa bata habang nabubuhay pa siya,
pero nang namatay ang bata, bumangon ka at kumain."
**22** Sumagot si David, "Habang buhay pa ang bata nag-
ayuno ako at umiyak. Sinabi ko, 'Sinong nakakaalam kung
kaaawaan ako ni Yahweh o hindi na maaaring mabuhay
ang bata?' **23** Pero ngayon patay na siya, bakit pa ako
mag-ayuno? Maibabalik ko ba siyang muli? Pupunta ako sa
kaniya, pero hindi siya babalik sa akin." **24** Inaliw ni David
ang kaniyang asawang si Batsheba at pumunta sa kaniya at
sumiping sa kaniya. Kaya nagkaanak siya ng isang batang
lalaki at pinangalanang Solomon ang bata. Mahal siya ni
Yahweh, **25** kaya nagpadala siya ng salita sa pamamagitan
ni Natan ang propeta para pangalanan siyang Jedidias, dahil
mahal siya ni Yahweh. **26** Ngayon, nakipaglaban si Joab sa
Rabba, ang maharlikang lungsod ng mga tao ng Ammon at
nabihag niya ang kuta nito. **27** Kaya nagpadala si Joab ng
mga mensahero kay David at sinabi, "Nakipaglaban ako sa
Rabba at nakuha ko ang ipunan ng tubig ng lungsod. **28**
Ngayon samakatwid sama-samang ipunin ang natitirang
hukbo at magkampo laban sa lungsod at kunin ito, dahil kung
kukunin ko ang lungsod, ipapangalan ito sa akin." **29** Kaya
sama-samang tinipon ni David ang lahat ng kaniyang mga
hukbo at pumunta sa Rabba; nakipaglaban siya sa lungsod
at nabihag ito. **30** Kinuha ni David ang korona mula sa ulo
ng kanilang hari—tumitimbang ito ng isang talentong ginto at
may isang mamahaling bato rito. Inilagay ang korona sa
sariling ulo ni David. Pagkatapos inilabas niya ang nakuha
sa panloloob ng lungsod na may malalaking kabuuan. **31**
Inilabas niya ang mga tao na nasa lungsod at pinilit silang
magtrabaho gamit ang mga lagari, mga suyod na bakal at
mga palakol; pinagtrabaho din niya sila sa tapahan ng laryo.
Inatasan ni David ang lahat ng mga lungsod ng mga tao
ng Ammon na gawin ang mga trabahong ito. Pagkatapos
bumalik si David at ang buong hukbo sa Jerusalem.

**13** Nangyari na pagkatapos nito labis na naakit si Amnon
anak na lalaki ni David, kay Tamar na kaniyang kapatid
na babae sa ama na kapatid na babaeng buo ni Absalom,
isa pa sa mga anak na lalaki ni David. **2** Bigong-bigo si
Amnon na nagkasakit siya dahil sa kaniyang kapatid na
babae sa ama na si Tamar. Isa siyang birhen at tila malayong
makagawa ng anumang bagay si Amnon sa kaniya. **3** Pero
may kaibigan si Amnon na ang pangalan ay si Jonadab
anak na lalaki ni Simea, kapatid na lalaki ni David. Isang
tusong lalaki si Jonadab. **4** Sinabi ni Jonadab kay Amnon,
"Bakit, nalulumbay ka bawat umaga, anak ng hari? Hindi
mo ba sasabihin sa akin?" Kaya sumagot si Amnon sa
kaniya, "Umiibig ako kay Tamar, kapatid na babae ng aking
kapatid na si Absalom." **5** Pagkatapos sinabi ni Jonadab
sa kaniya, "Humiga ka sa iyong higaan at magkunwaring
may sakit. Kapag dumating ang iyong ama para makita ka,
hingin sa kanya, 'Pakiusap, maaari mo bang papuntahin
ang aking kapatid na babaeng si Tamar para bigyan ako ng
isang bagay na makakain at lutuin ito sa aking harapan,
para maaari ko itong makita at kainin mula sa kaniyang
kamay?'" **6** Kaya humiga si Amnon at nagkunwaring may

sakit. Nang dumating ang hari para makita siya, sinabi ni
Amnon sa hari, “Pakiusap, papuntahin mo ang aking kapatid
na babaeng si Tamar para maghanda ng pagkain sa aking
harapan para sa aking sakit upang makakain ako mula
sa kaniyang kamay.” **7** Pagkatapos nagpadala ng salita
si David kay Tamar sa kaniyang palasyo na nagsasabing,
“Pumunta ka ngayon sa bahay ng iyong kapatid na lalaking
si Amnon at maghanda ng pagkain para sa kaniya.” **8** Kaya
pumunta si Tamar sa bahay ng kaniyang kapatid na lalaking
si Amnon kung saan siya nakahiga. Kumuha siya ng masa
at minasa ito at hinulmang tinapay sa kaniyang paningin
at pagkatapos hinurno niya ito. **9** Kinuha niya ang kawali
at ibinigay ang tinapay sa kaniya, pero tumanggi siyang
kumain. Pagkatapos sinabi ni Amnon sa ibang nandoon,
“Palabasin ang lahat, palayo sa akin.” Kaya umalis ang lahat
mula sa kaniya. **10** Kaya sinabi ni Amnon kay Tamar, “Dalhin
ang pagkain sa loob ng aking silid para makakain ako mula
sa iyong kamay.” Kaya kinuha ni Tamar ang tinapay na
kaniyang ginawa at dinala ito sa loob ng silid ni Amnon
na kaniyang kapatid. **11** Nang dinala niya ang pagkain sa
kanya, siya'y hinawakan niya at sinabi sa kaniya, “Halika,
sumiping sa akin, aking kapatid.” **12** Sumagot siya sa kaniya,
“Hindi, aking kapatid, huwag mo akong pilitin, dahil walang
dapat mangyaring gantong bagay sa Israel. Huwag mong
gawin itong nakapanlulumong bagay! **13** Saan ako maaaring
pumunta para makatakas sa kahihiyang idudulot nito sa
aking buhay? At tatatakan ka ng gawaing ito bilang isang
hangal na walang kahihiyan sa buong Israel. Pakiusap,
hinihiling kong kausapin mo ang hari. Papayagan ka niyang
pakasalan ako.” **14** Pero, hindi nakinig si Amnon sa kaniya.
Yamang malakas siya kaysa kay Tamar, siya'y sinunggaban
niya at sumiping siya sa kaniya. **15** Pagkatapos kinapootan ni
Amnon si Tamar ng matinding pagkapoot. Siya'y kinapootan
niya ng higit pa kaysa kaniyang paghahangad sa kaniya.
Sinabi ni Amnon sa kaniya, “Bumangon ka at umalis.” **16**
Pero sumagot siya sa kaniya. “Hindi! Dahil ang malaking
kasamaang ito na pagpapaalis mo sa akin ay mas masama
pa sa kung ano ang ginawa mo sa akin!” Pero hindi nakinig
si Amnon sa kaniya. **17** Sa halip, tinawag niya ang kaniyang
pansariling lingkod at sinabi, “Dalhin mo ang babaeng ito
palayo sa akin at ikandado ang pintuan pagkaalis niya.”
**18** Pagkatapos dinala siya palabas ng kaniyang lingkod at
kinandado ang pintuan pagkalabas niya. Suot-suot ni Tamar
ang isang ginayakang balabal dahil sa ganoong paraan
nagbibihis ang mga anak na babae ng hari na siyang mga
birhen. **19** Naglagay si Tamar ng mga abo sa kaniyang ulo at
pinunit ang kaniyang balabal. Nilagay niya ang kaniyang
mga kamay sa kaniyang ulo at lumakad papalayo, umiiyak
ng malakas habang umaalis. **20** Sinabi sa kaniya ng kapatid
niyang si Absalom, “Kinasama mo ba si Amnon ang iyong
kapatid? Pero ngayon manatiling tahimik, aking kapatid.
Siya ay iyong kapatid. Huwag isapuso ang bagay na ito.”
Kaya mag-isang nanatili si Tamar sa bahay ni Absalom
na kaniyang kapatid. **21** Pero nang marinig ni David ang
lahat ng mga bagay na ito, labis siyang nagalit. **22** Walang
anumang sinabi si Absalom kay Amnon, dahil kinapootan
siya ni Absalom dahil sa kaniyang ginawa at kung papaano
niya pinahiya ang kaniyang kapatid na babaeng si Tamar. **23**
Nangyari pagkatapos ng dalawang buong taon si Absalom
ay nagtrabaho bilang manggugupit ng tupa sa Baal Hazor na
malapit sa Efraim at inanyayahan ni Absalom ang lahat ng
mga anak na lalaki ng hari para bumisita roon. **24** Pumunta
si Absalom sa hari at sinabi, “Tingnan mo ngayon, may
mga manggugupit ng tupa ang iyong lingkod. Pakiusap,
nawa'y ang hari at kaniyang mga lingkod ay sumama sa
akin, iyong lingkod.” **25** Sumagot ang hari kay Absalom.
“Hindi, aking anak, kaming lahat ay hindi dapat pumunta
dahil magiging pabigat kami sa iyo.” Pinilit ni Absalom ang
hari, pero ayaw niyang pumunta, gayun pa man pinagpala
niya si Absalom. **26** Pagkatapos sinabi ni Absalom, “Kung
hindi, pakiusap hayaang sumama sa amin ang aking kapatid
na si Amnon.” Kaya sinabi ng hari sa kaniya, “Bakit dapat
sumama si Amnon sa iyo?” **27** Pinilit ni Absalom si David,
kaya hinayaan niyang sumama sa kaniya si Amnon at ang
lahat ng anak na lalaki ng hari. **28** Inutusan ni Absalom
ang kaniyang mga lingkod na nagsasabing, “Makinig nang
mabuti. Kapag nagsimula ng malasing si Amnon sa alak at
kapag sinabi ko sa inyo na, 'Salakayin si Amnon,' patayin
siya. Huwag matakot. Hindi ba't inutusan ko kayo? Maging
magiting at matapang.” **29** Kaya ginawa ng mga lingkod ni
Absalom kay Amnon ang iniutos niya sa kanila. Pagkatapos
tumayo ang lahat ng anak na lalaki ng hari at sumakay
ang bawat lalaki sa kaniyang mola at tumakas. **30** Kaya
nangyari na, habang nasa daan sila, nakarating na kay
David ang balita na nagsasabing, “Pinatay ni Absalom ang
lahat ng anak na lalaki ng hari at walang ni isang natira
sa kanila.” **31** Pagkatapos tumayo ang hari at pinunit ang
kaniyang mga damit at humiga sa sahig; nakiisa ang lahat
ng kaniyang mga lingkod na pinunit ang kanilang mga damit.
**32** Sumagot at sinabi ni Jehonadab anak na lalaki ni Simea,
kapatid na lalaki ni David, “Huwag hayaan maniwala ang
aking amo na pinatay nila ang lahat ng binatang anak ng
hari, dahil si Amnon lamang ang namatay. Binalak ito ni
Absalom mula sa araw na nilapastangan ni Amnon ang
kaniyang kapatid na babaeng si Tamar. **33** Kaya huwag
hayaan ang aking panginoon na hari na isapuso ang balitang
ito, na maniniwalang namatay ang lahat ng anak na lalaki ng
hari, dahil si Amnon lamang ang namatay.” **34** Tumakas

si Absalom. Itinaas ng isang lingkod na nagbabantay ang
kaniyang mga mata at nakita ang maraming taong paparating
sa daan sa burol sa kanluran niya. **35** Pagkatapos sinabi ni
Jehonadab sa hari, “Tingnan mo, paparating ang mga anak
na lalaki ng hari. Kagaya ng sinabi ng iyong lingkod.” **36** Kaya
nangyari na pagkatapos na pagkatapos niyang magsalita
dumating ang mga anak na lalaki ng hari at tumaas ang
kanilang mga boses at umiyak. At ang hari at lahat ng
kaniyang mga lingkod ay lubhang umiyak. **37** Pero tumakas
si Absalom at pumunta kay Talmai anak na lalaki ni Amihud,
ang hari ng Gesur. Nagluksa si David para sa kaniyang
anak na lalaki bawat araw. **38** Kaya tumakas si Absalom
at pumunta sa Gesur, kung saan siya nanatili sa loob ng
tatlong taon. **39** Nananabik si Haring David na lumabas para
makita si Absalom, dahil naglubag na ang kalooban niya
tungkol kay Amnon at sa kaniyang pagkamatay.

**14** Ngayon, nahalata ni Joab anak na lalaki ni Zeruias
na naghahangad ang puso ng hari na makita si
Absalom. **2** Kaya nagpadala ng salita si Joab sa Tekoa at
nagpadala ng isang matalinong babae sa kaniya. Sinabi niya
sa kaniya, “Pakiusap magkunwaring ikaw ay isang taong
nagdadalamhati at magsuot ng damit panluksa. Pakiusap
huwag pahiran ang iyong sarili ng langis, pero maging
katulad ng isang babaeng nagluluksa ng magtagal na
panahon para sa patay. **3** Pagkatapos pumunta sa hari
at sabihin sa kaniya ang tungkol sa kung ano ang aking
ilalarawan.” Kaya sinabi ni Joab sa kaniya ang mga salita
kaniyang sasabihin sa hari. **4** Nang makipag-usap sa hari
ang babaeng mula sa Tekoa, nagpatirapa siya sa lupa at
sinabi, “Tulungan mo ako, hari.” **5** Sinabi ng hari sa kaniya,
“Anong problema?” Sumagot siya, “Ang katotohanan isa
akong balo at patay na ang aking asawa. **6** Ako na iyong
lingkod ay nagkaroon ng dalawang anak na lalaki, nag-
away silang dalawa sa bukid at walang sinumang umawat
sa kanila. Pinalo ng isa ang isa at pinatay siya. **7** At ngayon
nag-alsa laban sa iyong lingkod ang buong angkan at sinabi
nila, “Isuko ang lalaking pumalo sa kaniyang kapatid, para
mapatay namin siya, para bayaran ang buhay ng kaniyang
kapatid na kaniyang pinatay.' At kaya sisirain din nila ang
tagapagmana. Samakatwid papawiin nila ang nagliliyab
na uling na natitira sa akin at walang iiwan para sa aking
asawa maging pangalan ni kaapu-apuhan sa ibabaw ng
mundo.” **8** Kaya sinabi ng hari sa babae, “Umuwi ka sa
iyong bahay at mag-uutos ako ng isang bagay na gagawin
para sa iyo.” **9** Sumagot sa hari ang babae ng Tekoa, “Aking
panginoon, hari, nawa'y sa akin at sa pamilya ng aking ama
ang kasalanan. Walang kasalanan ang hari at kaniyang
trono.” **10** Sumagot ang hari, “Sinuman ang magsasabi ng
anumang bagay sa iyo, dalhin mo siya sa akin at hindi ka
niya mahahawakan kailanman.” **11** Pagkatapos sinabi niya,
“Pakiusap, nawa'y isipin ng hari si Yahweh na iyong Diyos,
para hindi na makasira ng sinuman ang tagapaghiganti ng
dugo, para hindi nila wasakin ang aking anak.” Sumagot ang
hari, “Habang nabubuhay si Yahweh, walang isang buhok
ng iyong anak ang mahuhulog sa lupa.” **12** Pagkatapos
sinabi ng babae, “Pakiusap hayaang magsalita pa ang
iyong lingkod sa aking panginoon na hari.” Sinabi niya,
“Magsalita ka.” **13** Kaya sinabi ng babae, “Sa gayon bakit ka
nag-iisip ng ganoong bagay laban sa mga tao ng Diyos?
Dahil sa pagsasabi ng bagay na ito, ang hari ay katulad ng
isang tao na makasalanan, dahil hindi na ibinalik pauwi ng
hari ang pinalayas niyang anak. **14** Dahil dapat mamatay
tayong lahat at katulad ng tubig na natapon sa lupa na
hindi na maaaring matipong muli. Pero hindi kumukuha ng
buhay ang Diyos; sa halip, hahanap siya ng isang paraan
para ibalik ang isang pinaalis mula sa kaniyang sarili. **15**
Pagkatapos ngayon, sa pagkakakita na pumarito ako para
sabihin ang bagay na ito sa panginoon ko na hari, Ito ay
dahil tinakot ako ng mga tao. Kaya sinabi ng iyong lingkod
sa kaniyang sarili, 'Makikipag-usap ako ngayon sa hari.
Marahil gagawin ng hari ang kahilingan ng kaniyang lingkod.
**16** Dahil pakikinggan ako ng hari, para iligtas ang kaniyang
lingkod mula sa kamay ng lalaki na sisira sa akin at sa
aking anak ng sama-sama, mula sa pamana ng Diyos.'
**17** Pagkatapos nanalangin ang iyong lingkod, “Yahweh,
pakiusap hayaang magbigay ginhawa sa akin ang salita ng
aking amo na hari, dahil gaya ng isang anghel ng Diyos,
gayon din ang aking amo na hari sa pagsasabi ng mabuti
mula sa masama.' Makasama mo nawa si Yahweh na iyong
Diyos.” **18** Pagkatapos sumagot ang hari at sinabi sa babae,
“Pakiusap huwag itago mula sa akin ang anumang bagay na
aking tinatanong sa iyo.” Sumagot ang babae, “Hayaang
magsalita ngayon ang aking panginoon na hari.” **19** Sinabi
ng hari, “Kasama mo ba ang kamay ni Joab sa lahat ng ito?”
Sumagot ang babae at sinabi, “Habang buhay ka, aking
panginoon na hari, walang isa mang makakatakas sa iyong
kanang kamay o sa kaliwa mula sa anumang bagay na
sinabi ng aking panginoon na hari. Ang iyong lingkod na
si Joab ang siyang nag-utos sa akin at sinabi sa akin ang
mga bagay na ito na sinabi ng iyong lingkod. **20** Ang iyong
lingkod na si Joab ang gumawa nito para palitan ang takbo
ng pangyayari. Matalino ang aking panginoon, katulad ng
katalinuhan ng isang anghel ng Diyos at alam niya ang lahat
ng bagay na nangyayari sa lupain.” **21** Kaya sinabi ng hari
kay Joab, “Tingnan mo ngayon, gagawin ko ang bagay na
ito. Pagkatapos pumunta ka at isama pabalik ang binatang
si Absalom.” **22** Kaya nagpatirapa si Joab sa lupa bilang
paggalang at pasasalamat sa hari. Sinabi ni Joab, “Ngayon

alam ng iyong lingkod na nakasumpong ako ng kabutihang-
loob sa iyong paningin, aking panginoon na hari na ginawa
ng hari ang kahilingan ng kaniyang lingkod." **23** Kaya tumayo
si Joab, pumunta sa Gesur at dinala si Absalom pabalik sa
Jerusalem. **24** Sinabi ng hari, "Maaari siyang bumalik sa
kaniyang sariling bahay, pero hindi niya maaaring makita
ang aking mukha." Kaya bumalik si Absalom sa kaniyang
sariling bahay, pero hindi nakita ang mukha ng hari. **25**
Ngayon, walang sinuman sa buong Israel ang pinuri para
sa kaniyang kakisigan na higit pa kay Absalom. Walang
kapintasan sa kaniya mula sa talampakan ng kaniyang paa
hanggang sa tuktok ng kaniyang ulo. **26** Kapag ginugupit
niya ang buhok sa kaniyang ulo sa katapusan ng bawat
taon, dahil mabigat ito sa kaniya, tinitimbang niya ang
kaniyang buhok; tumitimbang ito ng dalawang daang sekel
na sinusukat sa pamamagitan ng pamantayang timbang
ng hari. **27** Isinilang kay Absalom ang tatlong anak na
lalaki at isang anak na babae na ang pangalan ay Tamar.
Isa siyang magandang babae. **28** Nanirahan si Absalom
sa Jerusalem ng dalawang buong taon na hindi nakikita
ang mukha ng hari. **29** Pagkatapos nagpadala ng salita
si Absalom kay Joab para ipadala siya sa hari, pero hindi
pumunta sa kaniya si Joab. Kaya nagpadala ng salita si
Absalom sa pangalawang pagkakataon, pero hindi parin
pumunta si Joab. **30** Kaya sinabi ni Absalom sa kaniyang
mga lingkod, "Tingnan, malapit sa akin ang bukid ni Joab at
mayroon siyang sebada roon. Puntahan ninyo at sunugin
ito." Kaya sinunog ng mga lingkod ni Absalom ang bukid.
**31** Pagkatapos tumayo si Joab at pumunta sa bahay ni
Absalom at sinabi sa kaniya, "Bakit sinunog ng iyong mga
lingkod ang aking bukid?" **32** Sumagot si Absalom kay Joab,
"Tingnan, nagpadala ako ng salita sa iyo na nagsasabing,
'Pumarito ka para maaaring maipadala kita sa hari para
sabihin na, "Bakit pa ako pumarito mula sa Gesur? Mas
mabuti pang nanatili ako roon. Kaya ngayon hayaan akong
makita ang mukha ng hari at kung nagkasala ako, hayaan
siyang patayin ako."'" **33** Kaya pumunta si Joab sa hari at
sinabihan siya. Nang pinatawag ng hari si Absalom, pumunta
siya sa hari at yumukod nang mababa sa lupa sa harapan
ng hari at hinagkan ng hari si Absalom.

**15** Pagkatapos nito naghanda si Absalom ng isang karo
at mga kabayo para sa kaniyang sarili, kasama ang
limampung tauhan para tumakbo sa kaniyang unahan. **2**
Babangon ng maaga si Absalom at tatayo sa tabi ng daang
papasok sa tarangkahan ng lungsod. Kapag pumunta sa
hari ang sinumang may isang alitan para sa paghahatol, sa
gayon tatawagin siya ni Absalom at sasabihing, "Mula sa
anong lungsod ka galing?" At sasagot ang lalaki, "Nanggaling
ang iyong lingkod sa isa sa mga lipi ng Israel." **3** Kaya
sasabihin ni Absalom sa kaniya, "Tingnan mo, mabuti at
tama ang iyong kaso, pero walang isang binigyan ang hari
ng kapangyarihan para dinggin ang iyong kaso." **4** Idinagdag
ni Absalom, "Nais kong maging hukom ako sa lupain, para
ang bawat taong may anumang alitan o dahilan ay maaaring
makalapit sa akin at bibigyan ko siya ng katarungan!" **5**
Nangyari ito ng may papalapit na isang tao kay Absalom
para parangalan siya, iaabot ni Absalom ang kaniyang
kamay at hahawakan siya at hahalikan siya. **6** Kumilos si
Absalom sa ganitong paraan sa buong Israel na pumupunta
sa hari para sa paghahatol. Kaya nakuha ni Absalom ang
mga puso ng kalalakihan ng Israel. **7** Pagkatapos ng apat na
taon sinabi ni Absalom sa hari, "Pakiusap pahintulutan mo
akong umalis at tuparin ang isang panatang aking ginawa
kay Yahweh sa Hebron. **8** Dahil gumawa ang iyong lingkod
ng isang panata habang naninirahan ako sa Gesur sa Aram,
sa pagsasabing; "Kung talagang dadalhin ulit ako ni Yahweh
sa Jerusalem, sa gayon sasambahin ko si Yahweh."' **9**
Kaya sinabi ng hari sa kaniya, "Umalis nang mapayapa."
Kaya tumayo si Absalom at pumunta sa Hebron. **10** Pero
pagkatapos nagpadala si Absalom ng mga espiya sa lahat
ng mga lipi ng Israel, na nagsasabing, "Sa sandaling marinig
ninyo ang tunog ng trumpeta, sa gayon dapat ninyong
sabihin, 'Si Absalom ay hari sa Hebron.'" **11** Kasama ni
Absalom na pumunta ang dalawang-daang kalalakihang
mula sa Jerusalem, na kaniyang inanyayahan. Pumunta sila
nang walang kamalayan, walang nalalaman sa anumang
bagay na binalak ni Absalom. **12** Habang naghahandog
si Absalom ng mga alay, ipinatawag niya si Ahitofel mula
sa kaniyang bayang pinagmulan sa Gilo. Tagapayo siya ni
David. Matindi ang pakikipagsabwatan ni Absalom, dahil
patuloy na dumadami ang mga taong sumusunod kay
Absalom. **13** Isang mensahero ang dumating kay David na
nagsasabing, "Sumusunod kay Absalom ang mga puso ng
kalalakihan ng Israel." **14** Kaya sinabi ni David sa lahat ng
kaniyang lingkod na kasama niya sa Jerusalem, "Tumayo at
tumakas tayo, o walang isa sa atin ang makakaligtas mula
kay Absalom. Maghanda para makaalis agad, o mabilis niya
tayong maaabutan at magdadala siya ng kapahamakan sa
atin at sasalakayin ang lungsod sa pamamagitan ng talim
ng espada." **15** Sinabi ng mga lingkod sa hari, "Tingnan,
handa ang iyong mga lingkod na gawin ang anumang ipasya
ng aming panginoong hari." **16** Umalis ang hari kasunod
ang pamilya niya ay kasunod niya, pero iniwan ng hari
ang sampung babae na mga kerida, para pangalagaan
ang palasyo. **17** Pagkatapos makaalis ng hari at ng lahat
ng taong kasunod niya, huminto sila sa huling bahay. **18**
Lumakad kasama niya ang kaniyang buong hukbo at nauna
sa kaniya ang lahat ng mga taga-Ceret, at lahat ng taga-

Pelet, at lahat ng taga-Gat ang lahat ng Peletheo at ang
lahat ng Getheo—animnaraang kalalakihang sumunod sa
kaniya ay mula sa Gat. 19 Pagkatapos sinabi ng hari kay Itai
ang taga- Gat, “Bakit sumama ka rin sa amin? Bumalik at
manatili kasama ni Haring Absalom, dahil isa kang dayuhan
at isang pinalayas. Bumalik sa iyong sariling lugar. 20
Yamang kahapon ka lang umalis, bakit maglalakbay kami
kasama ka? Hindi ko alam kung saan ako pupunta. Kaya
bumalik at isama ang iyong kababayan pabalik. Nawa'y
mapasaiyo ang katapatan at pagkamatapat.” 21 Pero sinagot
ni Itai ang hari at sinabing, “Habang nabubuhay si Yahweh
at habang nabubuhay ang aking among hari, tunay na kahit
sa anumang lugar pumunta ang aking among hari, doon din
pupunta ang iyong lingkod kahit mangahulugan ito ng buhay
o kamatayan.” 22 Kaya sinabi ni David kay Itai, “Mauna at
magpatuloy kasama namin.” Kaya naglakbay si Itai na taga-
Gat kasama ang hari, kasama ang lahat ng kaniyang tauhan
at ang lahat ng pamilyang kasama niya. 23 Umiyak ng
malakas ang buong bansa habang dumadaan ang lahat ng
tao sa Lambak Kidron at habang tumatawid din mismo ang
hari. Naglakbay ang lahat ng tao sa daan patungong ilang.
24 Kahit si Zadok kasama ang lahat ng Levita, dala-dala ang
kaban ng kautusan ng Diyos, ay naroon. Ibinaba nila ang
kaban ng Diyos at sumama sa kanila si Abiatar. Naghintay
sila hanggang sa makaraan ang lahat ng tao palabas ng
lungsod. 25 Sinabi ng hari kay Zadok, “Dalhin ang kaban ng
Diyos pabalik sa lungsod. Kung makakasumpong ako ng
biyaya sa mga mata ni Yahweh, dadalhin niya ako pabalik
dito at ipapakitang muli sa akin ang kaban at ang lugar kung
saan siya naninirahan. 26 Pero kung sasabihin niyang, 'Hindi
ako nasisiyahan sa iyo; tingnan, narito ako, hayaan siyang
gawin sa akin kung ano ang mabuti sa kaniya.” 27 Sinabi rin
ng hari kay Zadok na pari, “Hindi kaba isang manghuhula?”
Bumalik lungsod nang mapayapa at ang dalawa mong
anak na lalaking kasama mo, sina Ahimaaz na anak mo at
Jonatan na anak ni Abiatar. 28 Tingnan, maghihintay ako sa
mga tawiran ng Araba hanggang sa dumating ang salita
mula sa iyo para sabihan ako.” 29 Kaya dinala ni Zadok at
Abiatar ang kaban ng Diyos pabalik sa Jerusalem at nanatili
sila roon. 30 Pero umakyat si David nang nakapaa at umiiyak
paakyat sa Bundok ng mga Olibo, at tinakpan niya ang
kaniyang ulo. Tinakpan ng bawat isang mga taong kasama
niya ang kanilang ulo at umakyat silang umiiyak habang
naglalakad. 31 May isang taong nakapagsabi kay David na,
“Si Ahitofel ay kasama sa mga kasabwat ni Absalom.” Kaya
nanalangin si David, “O Yahweh, pakiusap gawin mong
kahangalan ang payo ni Ahitofel.” 32 Nang nakarating si
David sa tuktok ng daan, kung saan nakagawiang sambahin
ang Diyos, dumating si Cusai na Arkita para salubungin siya
na punit ang kaniyang damit at may lupa sa kaniyang ulo. 33
Sinabi ni David sa kaniya, “Kung maglalakbay ka kasama ko,
sa gayon magiging isang pabigat ka sa akin. 34 Pero kung
babalik ka sa lungsod at sasabihin kay Absalom, 'Magiging
lingkod mo ako, hari, gaya ng paglilingkod ko dati sa iyong
ama,' kaya magiging lingkod mo ako ngayon; pagkatapos
guguluhin mo ang payo ni Ahitofel para sa akin. 35 Hindi mo
ba makakasama roon si Abiatar at Zadok na mga pari? Kaya
kahit ano ang marinig mo sa palasyo ng hari, dapat mong
sabihin ito kina Zadok at Abiatar na mga pari. 36 Makikita
mo na kasama nila roon ang kanilang dalawang anak, sina
Ahimaaz, anak na lalaki ni Zadok at Jonatan, anak na lalaki
ni Abiatar. Dapat mong ipadala sa akin sa pamamagitan ng
kanilang kamay ang lahat ng bagay na marinig mo.” 37 Kaya
pumunta si Cusai, kaibigan ni David sa lungsod habang
dumating at pumasok si Absalom sa Jerusalem.

16 Nang makaalis si David nang di kalayuan sa tuktok ng
burol, sinalubong siya ni Ziba ang lingkod ni Mefiboset
na may dalawang upuang asno; may dalawandaang tinapay
sa mga ito at sandaang kumpol ng mga pasas at sandaang
buwig ng igos at isang balat na sisidlang alak. 2 Sinabi ng
hari kay Ziba, “Bakit mo dinala ang mga bagay na ito?”
Sumagot si Ziba, “Ang mga asno ay para sa sambahayan ng
hari para sakyan at ang mga tinapay at mga mamon na igos
ay para sa iyong mga tauhan para kainin at ang alak ay para
sa sinumang mahihilo sa ilang para inumin.” 3 Sinabi ng
hari, “At nasaan ang apo ng iyong panginoon?” Sumagot si
Ziba sa hari, “Tingnan, nagpaiwan siya sa Jerusalem, dahil
sinabi niya, 'Ngayon ang tahanan ng Israel ay ipanunumbalik
ang kaharian ng aking ama sa akin.'” 4 Pagkatapos sinabi
ng hari kay Ziba, “Tingnan mo, lahat ng nabibilang kay
Mefiboset ay nabibilang na sa iyo ngayon.” Sumagot si Ziba,
“Yumuyukod akong may pagpapakumbaba sa iyo, aking
panginoon, ang hari. Hayaan mo akong makasumpong ng
biyaya sa iyong paningin.” 5 Nang lumapit si Haring David
sa Bahurim, may lumabas mula roon na isang lalaki mula sa
angkan ni Saul na ang pangalan ay Simei anak ni Gera.
Lumabas siyang nagmumura habang naglalakad. 6 Binato
niya si David at ang lahat ng mga opisyal ng hari, kahit na
may hukbo at mga bantay na nasa kanan at kaliwa ng hari.
7 Sumigaw si Simei na nagmumura, “Umalis ka, lumayas
mula rito, masamang tao ka, tao ng dugo! 8 Pinaghigantihan
kayong lahat ni Yahweh para sa dugo ng pamilya ni Saul
na pinalitan ninyo sa pamumuno. Ibinigay ni Yahweh ang
kaharian sa kamay ni Absalom ang iyong anak. At ngayon
sira ka na dahil isa kang tao ng dugo.” 9 Pagkatapos sinabi
ni Abisai anak na lalaki ni Zeruias sa hari, “Bakit kailangang
murahin ng patay na asong ito ang aking panginoong hari?
Pakiusap pahintulutan mo akong pumaroon at pugutan siya

ng ulo." 10 Pero sinabi ng hari, "Ano ang gagawin ko sa
inyo, mga anak ni Zeruias? Marahil minumura niya ako dahil
sinabi ni Yahweh sa kainya, 'Sumpain si David.' Sino sa
gayon ang magkapagsabi sa kaniya, 'Bakit mo isinusumpa
ang hari?'" 11 Kaya sinabi ni David kay Abisai at sa lahat ng
kaniyang lingkod, "Tingnan niyo, ang aking anak na lalaki na
ipinanganak mula sa aking katawan ay gustong kunin ang
aking buhay. Paano pa kaya ang pagnanais na sirain ang
lipi ng Benjamin? Iwan siyang mag-isa at hayaan siyang
magmura, dahil inutusan siya ni Yahweh na gawin ito. 12
Marahil mamasdan ni Yahweh ang kapighatiang ipinataw
sa akin at gantihan ako ng mabuti dahil sa pagmumura
niya sa akin ngayon." 13 Kaya naglakbay si David at ang
kaniyang mga tauhan sa daan, samantalang si Simei ay
sumabay sa kaniyang tabi paakyat sa dalisdis ng burol,
nagmumura at naghahagis sa kaniya ng lupa at mga bato.
14 Pagkatapos napagod ang hari at ang lahat ng taong
kasama niya at nagpahinga siya nang huminto sila nang
gabi na. 15 Si Absalom naman at ang lahat ng kalalakihan
ng Israel na kasama niya, dumating sila sa Jerusalem at
kasama niya si Ahitofel. 16 Nang dumating kay Absalom si
Cusai na Arkite, ang kaibigan ni David, na sinabi ni Cusai
kay Absalom, "Mabuhay ng mahaba ang hari! Mabuhay ng
mahaba ang hari!" 17 Sinabi ni Absalom kay Cusai, "Ito
ba ang katapatan mo sa iyong kaibigan? Bakit hindi ka
sumama sa kaniya?" 18 Sinabi ni Cusai kay Absalom, "Hindi!
Sa halip, ang isang pinili ni Yahweh at ang mga tao ito at
ang lahat ng kalalakihan ng Israel, sa mga taong ito ako
napapabilang, at mananatili ako kasama niya. 19 At saka,
anong tao ang dapat kong paglingkuran? Hindi ba ako dapat
maglingkod sa presensiya ng kaniyang anak na lalaki? Gaya
ng paglilingkod ko sa presensiya ng iyong ama, maglilingkod
ako sa iyong presensiya." 20 Pagkatapos sinabi ni Absalom
kay Ahitofel, "Ibigay sa amin ang iyong payo tungkol sa
dapat naming gawin." 21 Sumagot si Ahitopel kay Absalom,
"Sumiping sa mga asawang alipin ng iyong ama na iniwan
niya para pangalagaan ang palasyo at maririnig ng buong
Israel na naging isa kang mabahong amoy sa iyong ama.
Pagkatapos magiging malakas ang mga kamay ng lahat ng
kasama mo. 22 Kaya naglatag sila ng isang tolda para kay
Absalom sa ibabaw ng palasyo at sumiping si Absalom sa
mga asawang alipin ng kaniyang ama sa paningin ng buong
Israel. 23 Ngayon ang payo ni Ahitofel na ibinigay niya sa
mga araw na iyon ay para bang narinig ng isang tao ito mula
mismo sa bibig ng Diyos. Ganyang paraan tiningnan nina
David at Absalom ang payo ni Ahitofel.

**17** Pagkatapos sinabi ni Ahitofel kay Absalom, "Ngayon
hayaan mo akong pumili ng labindalawang libong
kalalakihan at babangon ako at tutugisin si David ngayong
gabi. 2 Pupunta ako sa kaniya habang pagod siya at
nanghihina at gugulatin ko siya sa takot. Tatakas ang mga
taong kasama niya at ang hari lamang ang aking sasalakayin.
3 Ibabalik ko sa iyo ang lahat ng tao, tulad ng isang babaeng
ikakasal na papunta sa kaniyang asawa at ang lahat ng taong
nasasakupan mo ay magiging mapayapa." 4 Kasiya-siya
kay Absalom at sa lahat ng mga nakatatanda ng Israel kung
ano ang sinabi ni Ahitofel. 5 Pagkatapos sinabi ni Absalom,
"Ngayon tawagin din si Cusai ang Arkite at pakinggan natin
kung ano ang kaniyang sasabihin." 6 Nang dumating si
Cusai kay Absalom, ipinaliwanag ni Absalom sa kaniya kung
ano ang sinabi ni Ahitofel at pagkatapos tinanong si Cusai,
"Dapat ba naming gawin ang anumang sabihin ni Ahitofel?
Kung hindi, sabihan kami kung ano ang payo mo." 7 Kaya
sinabi ni Cusai kay Absalom, "Hindi mabuti ang ibinigay na
payo ni Ahitofel sa panahong ito." 8 Idinagdag ni Cusai,
"Alam mong malakas na mga mandirigma ang iyong ama at
ang kaniyang mga tauhan at mabangis sila at katulad sila ng
isang osong ninakawan ng mga anak sa isang bukid. Ang
iyong ama ay isang taong mandirigma; hindi siya matutulog
kasama ang hukbo ngayong gabi. 9 Tingnan mo, marahil
ngayon ay nagtatago siya sa isang hukay o sa ibang lugar.
Mangyayari ito kapag napatay ang ilan sa iyong tauhan
sa simula ng isang pagsalakay na sasabihin ng sinumang
makarinig nito, "Isang malupit na pagpatay ang naganap
sa mga sundalong sumunod kay Absalom.' 10 Pagkatapos
kahit na siguro ang matatapang na mandirigma, na ang
mga puso ay katulad ng puso ng Leon, ay matatakot dahil
alam ng buong Israel na isang magiting na tao ang iyong
ama at napakalakas ng kalalakihang kasama niya. 11 Kaya
pinapayuhan kita na dapat sama-samang magtipon ang
buong Israel sa iyo, mula sa Dan hanggang Beer-seba,
kasindami ng buhangin na nasa tabing-dagat at pupunta ka
mismo sa labanan. 12 Pagkatapos pupunta tayo sa kaniya
kahit saan man siya matagpuan at lulukuban natin siya tulad
ng hamog na nuhuhulog sa lupa. Wala tayong ititira kahit isa
sa kaniyang tauhan, o siya mismo na buhay. 13 Kung tatakas
siya sa isang lungsod, sa gayon magdadala ang buong
Israel sa lungsod na iyan ng mga lubid at hihilain natin ito sa
ilog, hanggang sa wala nang kahit isang maliit na bato ang
matatagpuan doon." 14 Pagkatapos sinabi ni Absalom at ng
kalalakihan ng Israel, "Mas mabuti ang payo ni Cusai ang
Arkite kaysa kay Ahitofel." Itinalaga ni Yahweh ang pagtanggi
sa mabuting payo ni Ahitofel para magdala ng kapahamakan
kay Absalom. 15 Pagkatapos sinabi ni Cusai kina Zadok at
Abiatar na mga pari, "Pinayuhan ni Ahitofel sina Absalom
at ang mga nakatatanda ng Israel sa gayon at sa gayong
paraan, pero nagpayo ako ng ibang bagay. 16 Kaya ngayon,
magmadaling umalis at ibalita kay David; sabihin sa kaniya,

'Huwag magkampo ngayong gabi sa mga tawiran ng Araba,
pero tiyaking tumawid sa lahat ng paraan, o masasakmal
ang hari kasama ang lahat ng taong kasama niya.'" 17
Ngayon si Jonatan at Ahimaaz ay nananatili sa balon ng
Rogel; madalas pumunta ang isang babaeng lingkod at
nagdadala ng mga mensahe sa kanila. Pagkatapos aalis
sila at sasabihin kay Haring David, para hindi sila makita
na pumupunta sa lungsod. 18 Pero nakita sila ng isang
binata at sinabi kay Absalom. Kaya nagmadaling umalis
sina Jonatan at Ahimaaz at dumating sa bahay ng isang
tao sa Bahurim, na may isang balon sa kaniyang patyo,
kung saan sila bumaba. 19 Kinuha ng asawa ng lalaki ang
pantakip ng balon at inilatag ito sa bukana ng balon at
hinagisan ito ng trigo, kaya walang isa ang nakakaalam
na nasa balon sina Jonatan at Ahimaaz. 20 Dumating ang
mga tauhan ni Absalom sa bahay ng babae at sinabing,
“Nasaan sina Ahimaaz at Jonatan?” Sinabi sa kanila ng
babae, “Tumawid sila sa ilog.” Kaya pagkatapos nilang
maghanap sa paligid at hindi sila natagpuan, bumalik sila
sa Jerusalem. 21 Pagkapos nang umalis sila umakyat sina
Jonatan at Ahimaaz mula sa balon. Nagtungo sila kay haring
David para mag-ulat; sinabi nila sa kaniya, “Bumangon ka at
magmadaling tumawid sa tubig dahil nagbigay si Ahitofel
ng gayon at gayong payo tungkol sa iyo.” 22 Pagkatapos
bumangon si David at ang lahat ng taong kasama niya, at
tumawid sila sa Jordan. Pagliwanag ng umaga walang isa
sa kanila ang nabigong tumawid sa Jordan. 23 Nang makita
ni Ahitofel na hindi sinunod ang kaniyang payo, nilagyan
niya ng upuan ang kaniyang asno at umalis. Umuwi siya sa
kaniyang sariling lungsod, inayos ang kaniyang mga bagay-
bagay at nagbigti siya. Sa ganitong paraan namatay siya
at inilibing sa libingan ng kaniyang ama. 24 Pagkatapos
dumating si David sa Mahanaim. Samantalang si Absalom,
tumawid siya sa Jordan, siya at ang lahat ng kalalakihan ng
Israel na kasama niya. 25 Pagkatapos ginawang pinuno
ni Absalom si Amasa sa hukbo sa halip na si Joab. Si
Amasa ay anak na lalaki ni Jeter na Israelita na sumiping
kay Abigail, anak na babae ni Nahas at kapatid ni Zeruias,
ang ina ni Joab. 26 Pagkatapos nagkampo ang Israel at si
Absalom sa lupain ng Galaad. 27 Nang dumating si David
sa Mahanaim, sina Sobi anak na lalaki ni Nahas mula sa
Rabba na mga taga-Ammon at Maquir anak na lalaki ni
Ammiel mula sa Lo Debar at Barzilai na taga-Galaad na
mula sa Rogelim, 28 nagdala ng mga tulugang banig at mga
kumot, mga mangkok at mga banga, mga trigo at harinang
sebada, sinangag na butil, mga patani, mga lentil, 29 pulot,
mantikilya, tupa at keso. Kaya maaaring kumain si David at
ang mga taong kasama niya. Sinabi ng mga lalaking ito,
“Gutom ang mga tao, pagod at uhaw sa ilang.”

**18** Binilang ni David ang mga sundalong kasama niya at
nagtalga ng mga kapitan ng libu-libo at mga kapitan ng
daan-daan. 2 Pagkatapos ipinadala ni David ang hukbo,
isang-katlo sa ilalim ng pamumuno ni Joab, isa pang katlo
sa ilalim ng pamumuno ni Abisai anak ni Zeruias, kapatid ni
Joab at isa pa ring katlo sa ilalim ng pamumuno ni Itai na
taga-Gat. Sinabi ng hari sa hukbo, “Titiyakin kong sasama
rin ako sa inyo.” 3 Pero sinabi ng kalalakihan, “Hindi ka
dapat pumunta sa labanan, dahil kung tatakas kami hindi
sila mag-aalala sa amin, o kung mamatay ang kalahati sa
amin wala silang pakialam. Pero kasing halaga mo ang
sampung libo sa amin! 4 Kaya mas mabuting maghanda
kang tulungan kami mula sa lungsod.” Kaya sinagot sila
ng hari, “Gagawin ko anuman ang pinakamabuti para sa
inyo.” Tumayo ang hari sa tarangkahan ng lungsod habang
lumabas ang buong hukbo nang daan-daan at libu-libo. 5
Inutusan ni David sina Joab, Abisai at Itai sa pagsasabing,
“Makitungo nang malumanay alang-alang sa akin sa binata,
kay Absalom.” Narinig ng lahat ng tao na ibinigay ng hari
sa mga kapitan ang utos na ito tungkol kay Absalom. 6
Kaya lumabas ang hukbo sa kabukiran laban sa Israel;
umabot ang labanan sa kagubatan ng Efraim. 7 Natalo
roon ang hukbo ng Israel sa harapan ng mga sundalo
ni David; may isang matinding patayan doon sa araw na
iyon nang dalawampung libong kalalakihan. 8 Umabot ang
labanan hanggang sa buong kabukiran at mas maraming
kalalakihan ang nilamon ng kagubatan kaysa ng espada.
9 Nagkataong nakasalubong ni Absalom ang ilan sa mga
sundalo ni David. Nakasakay si Absalom sa kaniyang mola
at napadaan ang mola sa ilalim ng makakapal na sanga
ng isang malaking punong kahoy at sumabit ang kaniyang
ulo sa mga sanga ng puno. Naiwan siyang nakabitin sa
pagitan ng lupa at ng langit habang nagpatuloy sa pagtakbo
ang kaniyang sinasakyang mola. 10 Nakita ito ng isang
tao at sinabihan si Joab, “Tingnan, nakita kong nakabitin
si Absalom sa isang punong kahoy!” 11 Sinabi ni Joab sa
taong nagsabi sa kaniya tungkol kay Absalom, “Tingnan
mo! Nakita mo siya! Bakit hindi mo siya hinampas pababa
sa lupa? Bibigyan sana kita ng sampung siklong pilak at
isang sinturon.” 12 Sumagot ang lalaki kay Joab, “Kahit na
makatanggap ako ng isanglibong siklong pilak, hindi ko pa rin
iaabot ang aking kamay laban sa anak ng hari, dahil narinig
naming lahat na inutusan ka ng hari, si Abisai at si Itai, sa
pagsasabing, 'Walang isa mang dapat gumalaw sa binatang
si Absalom.' 13 Kung inilagay ko sa panganib ang aking
buhay sa pamamagitan ng isang kasinungalingan (at walang
makukubli mula sa hari), pinabayaan mo nalang sana ako.”
14 Pagkatapos sinabi ni Joab, “Hindi na ako maghihintay
sa iyo.” Kaya nagdala si Joab ng tatlong sibat sa kaniyang

kamay at isinaksak ang mga ito sa puso ni Absalom, habang
buhay pa siya at nakabitin mula sa kahoy. 15 Pagkatapos
pumaligid ang sampung binatang kalalakihang tagadala ng
sandata ni Joab kay Absalom, sinalakay siya at pinatay.
16 Pagkatapos hinipan ni Joab ang trumpeta at bumalik
ang hukbo mula sa pagtugis sa Israel, dahil pinabalik ni
Joab ang hukbo. 17 Kinuha nila si Absalom at itinapon siya
sa isang malaking hukay sa kagubatan; inilibing nila ang
kaniyang katawan sa ilalim ng isang malaking tumpok ng
mga bato, habang tumatakas ang buong Israel, ang bawat
tao sa kanilang sariling tahanan. 18 Ngayon si Absalom,
Nang buhay pa siya, nagtayo siya para sa kaniyang sarili
ng isang malaking haliging bato sa Lambak ng Hari, dahil
sinabi niya, “Wala akong anak na lalaki para ipagpatuloy
ang alaala ng aking pangalan.” Pinangalanan niya ang
haligi kasunod sa kaniyang sariling pangalan, kaya tinawag
itong Bantayog ni Absalom hanggang sa araw na ito. 19
Pagkatapos sinabi ni Ahimaaz anak na lalaki ni Zadok,
“Pahintulutan mo akong tumakbo ngayon sa hari dala ang
mabuting balita, kung paano siya iniligtas ni Yahweh mula sa
kaniyang mga kaaway.” 20 Sinagot siya ni Joab, “Hindi ka
magiging tagapagdala ng balita ngayon; dapat mong gawin
ito sa ibang araw. Ngayon hindi ka magdadala ng balita dahil
patay ang anak na lalaki ng hari.” 21 Pagkatapos sinabi ni
Joab sa isang Cusita, “Humayo ka, sabihin sa hari kung
ano ang iyong nakita.” Yumukod ang Cusita kay Joab at
tumakbo. 22 Pagkatapos sinabing muli ni Ahimaaz anak
na lalaki ni Zadok kay Joab, “Kahit anuman ang mangyari,
pakiusap pahintulutan mo rin akong tumakbo at sundan ang
Cusita.” Sumagot si Joab, “Bakit gusto mong tumakbo, anak
ko, nakikitang wala kang gantimpala para sa balita?” 23
“Anuman ang mangyayari,” sabi ni Ahimaaz, “Tatakbo ako.”
Kaya sinagot siya ni Joab, “Takbo.” Pagkatapos tumakbo si
Ahimaaz sa daan ng kapatagan at naunahan ang Cusita. 24
Ngayon nakaupo si David sa pagitan ng mga panloob at
panlabas ng tarangkahan. Umakyat ang bantay sa bubong ng
tarangkahan sa pader at itinaas ang kaniyang mata. Habang
nakatingin siya, nakakita siya ng isang taong papalapit,
mag-isang tumatakbo. 25 Sumigaw ang bantay at sinabihan
ang hari. Pagkatapos sinabi ng hari, “Kung nag-iisa siya,
may balita sa kaniyang bibig.” Dumating ang mananakbo at
lumapit sa lugnsod. 26 Pagkatapos napansin ng bantay ang
isa pang taong tumatakbo at tinawag ng bantay ang bantay
ng tarangkahan; sinabi niya, “Tingnan mo, may isa pang
lalaking mag-isang tumatakbo.” Sinabi ng hari, “Nagdadala
rin siya ng balita.” 27 Kaya sinabi ng bantay, “Sa palagay
ko ang pagtakbo ng lalaking nasa harapan ay katulad ng
pagtakbo ni Ahimaaz anak na lalaki ni Zadok.” Sinabi ng
hari, “Mabuti siyang tao at parating siya na may mabuting
balita.” 28 Pagkatapos sumigaw si Ahimaaz at sinabi sa hari,
“Mabuti ang lahat.” At iniyukod niya ang kaniyang sarili sa
harapan ng hari na nakadikit ang kaniyang mukha sa lupa at
sinabing, “Pagpalain si Yahweh na iyong Diyos, na siyang
nagbigay sa mga lalaking nagtaas ng kanilang kamay laban
sa aking panginoong hari.” 29 Kaya sumagot ang hari, “Nasa
mabuting kalagayan ba ang binatang si Absalom? Sumagot
si Ahimaaz, “Nang pinadala ako ni Joab, ang lingkod ng
hari, sa iyo, hari, nakita ko ang isang malaking kabalisahan,
pero hindi ko alam kung ano ito.” 30 Pagkatapos sinabi
ng hari, “Lumihis at tumayo rito.” Kaya lumihis si Ahimaaz,
at nanatiling nakatayo. 31 Pagkatapos kaagad namang
dumating ang Cusita at sinabing, “May mabuting balita para
sa aking panginoong hari, dahil ipinaghiganti ka ni Yahweh
sa araw na ito mula sa lahat ng nag-alsa laban sa iyo.”
32 Pagkatapos sinabi ng hari sa Cusita, “Nasa mabuting
kalagayan ba ang binatang si Absalom?” Sumagot ang
Cusita, “Ang mga kaaway ng aking panginoong hari at ang
lahat nang nag-alsa laban sa iyo, ay dapat matulad pinsala
na nangyari sa binatang iyon.” 33 Pagkatapos kinabahan
nang matindi ang hari at umakyat siya sa silid sa itaas ng
tarangkahan at umiyak. Habang lumalakad nagdalamhati
siya, “Absalom anak ko, anak ko, anak kong si Absalom!
Ako nalang sana ang namatay sa halip na ikaw, Absalom,
anak ko, anak ko!”

**19** Sinabihan si Joab, “Tingnan mo, humagulgol ang
hari at nagluksa para kay Absalom.” 2 Kaya ang
tagumpay ng araw na iyon ay naging pagluluksa sa lahat ng
hukbo, dahil narinig ito ng hukbo nang sinabi ng araw na
iyon, “Nagluksa ang hari para sa kaniyang anak na lalaki.”
3 Kinailangang patagong maglakad ng tahimik ang mga
sundalo sa lungsod ng araw na iyon, katulad ng mga taong
nahihiyang tumatakbo palayo mula sa labanan. 4 Tinakpan
ng hari ang kaniyang mukha at umiyak sa isang malakas na
tinig, “Anak kong Absalom, Absalom, anak ko, anak ko!” 5
Pagkatapos pumasok sa loob ng bahay ang hari si Joab at
sinabi sa kaniya, “Pinahiya mo ang mga mukha ng lahat ng
iyong mga sundalo sa araw na ito, na nagligtas ng iyong
buhay sa araw na ito, at ang buhay ng iyong mga anak na
lalaki at ng iyong mga anak na babae, at ang buhay ng
iyong mga asawa, at ang buhay ng iyong mga asawang
alipin, 6 dahil minahal mo galit sa iyo, at galit ka sa mga
nagmamahal sa iyo. Dahil sa araw na ito ipinakita mo na ang
mga pinuno at mga sundalo ay baliwala sa iyo. Naniniwala
ako sa araw na ito kung nabuhay si Absalom, at tayong
lahat ay namatay, iyon siguro ang makapagpapasaya sa iyo.
7 Kaya ngayon tumayo ka at lumabas, magsalita ng mabuti
sa iyong mga sundalo, dahil ipinapangako ko kay Yahweh,
kapag hindi ka pumunta, wala ni isang taong mananatili

sa iyo mamayang gabi. Iyon ay magiging masama para
sa iyo kaysa sa lahat ng kapahamakang nangyari sa iyo
mula ng iyong kabataan hanggang ngayon." **8** Kaya tumayo
ang hari at umupo sa tarangkahan ng lungsod, at sinabi
ito sa lahat ng kalalakihan, "Tingnan, nakaupo ang hari sa
tarangkahan." Kaya pumunta ang lahat ng mga tao sa harap
ng hari. Samantala, sa Israel, tumakas ang bawat tao sa
kaniyang tahanan. **9** Nagtatalo ang lahat ng mga tao sa
lahat ng lipi sa buong Israel sinasabing, "Iniligtas tayo ng
hari mula sa kamay ng ating mga kaaway. Iniligtas niya
tayo mula sa kamay ng mga Filisteo at ngayon naubusan
siya ng lungsod mula kay Absalom. **10** At si Absalom, na
ating hinirang para sa atin, ay namatay sa labanan. Kaya
bakit hindi natin pag-usapan ang pagbabalik muli ng hari?"
**11** Nagpadala si Haring David kay Zadok at kay Abiatar
ng mga pari na sinasabing, "Kausapin ang mga pinuno ng
Juda sabihin na, 'Bakit huli kayo sa pagpapabalik sa hari
sa kaniyang palasyo, yamang ang usapin sa buong Israel
pinapaboran ang hari, para dalhin siya pabalik sa kaniyang
palasyo? **12** Kayo ang aking mga kapatid na lalaki, aking
laman at buto. Bakit kayo ang huling magdadala sa hari
pabalik?' **13** At sabihin kay Amasa, 'Hindi ba ikaw ang aking
laman at aking buto? Gagawin sa akin ng Diyos, ng higit pa,
kapag hindi ikaw ang kapitan ng aking hukbo mula ngayon
sa lugar ni Joab.'" **14** At nakuha niya ang mga puso ng lahat
ng tao sa Juda, na parang sila ay puso ng isang tao, nang
sa gayon nagpadala sila sa hari sinasabing, "Bumalik ka,
ikaw at lahat ng iyong kalalakihan." **15** Kaya bumalik ang
hari at dumating sa Jordan. At dumating ang kalalakihan
ng Juda sa Gilgal para makipagkita sa hari, para samahan
ang hari sa Jordan. **16** Si Simei anak na lalaki ni Gera, ang
lahi ni Benjamin, na nagmula sa Bahurim, ay nagmadaling
bumaba kasama ng kalalakihan ng Juda para makipagkita
kay Haring David. **17** Mayroong isang libong kalalakihan
mula kay Benjamin na kasama niya, at si Ziba ang lingkod ni
Saul, at kaniyang labinlimang anak na lalaki at dalawampung
lingkod na kasama niya. **18** Tumawid sila sa Jordan sa harap
ng hari. Tumawid sila para dalhin ang pamilya ng hari at
para gawin ang anumang inisip niyang mabuti. Yumuko
si Simei anak na lalaki ni Gera sa hari bago palang niya
simulang tawirin ang Jordan. **19** Sinabi ni Simei sa hari,
"Huwag, aking panginoon, na hanapin ang pagkakasala
at isaisip kung ano ang katigasan ng ulo na ginawa ng
iyong lingkod ng araw na umalis sa Jerusalem ang aking
panginoon, ang hari. pakiusap, nawa'y hindi isapuso ito ng
hari. **20** Dahil alam ng iyong lingkod na ako ay nagkasala.
Tingnan mo, kaya pumunta ako sa araw na ito bilang una
mula sa lahat ng pamilya ni Jose para pumunta pababa para
makipagkita sa aking panginoong hari." **21** Pero sumagot
si Abisai anak na lalaki ni Zeruias at sinabing, "Hindi ba
kailangang malagay sa kamatayan si Simei dahil dito, dahil
nilapastangan niya ang hinirang ni Yahweh?" **22** Pagkatapos
sinabi ni David, "Ano ba ang dapat kong gawin sa inyo, kayo
na mga anak na lalaki ni Zeruias, na kayo ay maging kaaway
ko sa araw na ito? Maaari bang malagay ng sinumang lalaki
sa kamatayan sa araw na ito sa Israel? Dahil hindi ko alam
na sa araw na ito ako ang hari ng Israel?" **23** Kaya sinabi
ng hari kay Simei, "Hindi ka mamamatay." Kaya nangako
ang hari sa kaniya ng isang sumpa. **24** Pagkatapos bumaba
si Mefiboset anak na lalaki ni Saul para makipag-kita sa
hari. Hindi niya sinuotan ang kaniyang mga paa, o pinutulan
ang kaniyang balbas, o nilabhan ang kaniyang mga damit
simula ng araw na umalis ang hari hanggang sa araw na
dumating siya ng bahay ng mapayapa. **25** At nang dumating
siya mula Jerusalem para makipag-kita sa hari, sinabi ng
hari sa kaniya, "Bakit hindi ka sumabay sa akin, Mefiboset?"
**26** Sumagot siya, "Aking panginoong hari, nilinlang ako ng
aking lingkod, dahil sinabi ko, 'uupo ako sa isang asno para
maaari kong sakyan iyon at sumabay sa hari, dahil ang
iyong lingkod ay lumpo.' **27** Siniraan ako ng aking lingkod
na si Ziba, ang iyong lingkod, sa aking panginoong hari.
Pero ang aking panginoong hari ay gaya ng isang anghel
ng Diyos. Sa gayon, gawin ang anumang mabuti sa iyong
paningin. **28** Dahil ang lahat ng sambahayan ng aking ama
ay mga patay na tao sa harapan ng aking panginoong hari,
pero ginawa mo ang iyong lingkod kasama mong kumakain
sa iyong mesa. Anong karapatan meron ako para umiyak pa
rin ako sa hari?" **29** Pagkatapos sinabi sa kaniya ng hari,
"Bakit nagpapaliwanag pa? Napagpasyahan ko na ikaw at si
Ziba ang maghahati sa mga lupain." **30** Kaya sumagot si
Mefiboset sa hari, "Oo, hayaan na makuha niya ang lahat ng
ito, yamang dumating ng ligtas ang aking panginoong hari
sa kaniyang sariling tahanan." **31** Pagkatapos bumaba si
Barzilai ang lahi ng Galaad mula Rogelim para tumawid
sa Jordan kasama ng hari, at sinamahan niya ang hari sa
Jordan. **32** Ngayon si Barzilai ay isang napakatandang lalaki,
walumpung taong gulang. **33** Pinagkalooban niya ang hari ng
pangangailangan habang nanatili siya sa Mahanaim, dahil
siya ay isang napakayamang tao. Sinabi ng hari kay Barzilai,
"Pumunta ka sa akin, at ako ang magbibigay para sa iyo
ng matitirahan kasama ko sa Jerusalem." **34** Sumagot si
Barzilai sa hari, "Ilang mga araw nalang ang natitira sa mga
taon ng aking buhay, dapat umakyat ako kasama ng hari sa
Jerusalem? **35** Ako ay walumpung taong gulang. Malalaman
ko paba ang kaibahan sa pagitan ng mabuti at masama?
Malalasahan paba ng iyong lingkod ang aking kakainin o
anuman iinumin ko? Makakarinig pa ba ako ng ibang boses
ng kumakantang kalalakihan at kumakantang kababaihan?

Bakit pa kailangan ng iyong lingkod na maging isang pasanin
ng aking panginoong hari? 36 Nanaisin nalang ng iyong
lingkod na pumunta sa Jordan kasama ng hari. Bakit pa
kailangan bayaran ako ng hari ng isang gantimpala? 37
Pakiusap hayaan ang iyong lingkod na bumalik sa tahanan,
nang sa gayon ako ay mamatay sa aking sariling lungsod
sa libingan ng aking ama at aking ina. Pero tingnan mo,
narito ang aking lingkod na si Camaam. Hayaan siyang
tumawid kasama ang aking panginoong hari, at gawin sa
kaniya anuman sa tingin mo ay mabuti." 38 Sumagot ang
hari, "Aalis si Camaam kasama ko, at gagawin ko para sa
kaniya anumans sa tingin mo ay mabuti, at anuman ang
nanaisin mo mula sa akin, gagawin ko iyon para sa iyo." 39
Pagkatapos tumawid ang lahat ng mga tao sa Jordan, at
tumawid ang hari, at hinalikan ng hari si Barzilai at pinagpala
siya. Pagkatapos bumalik si Barzilai sa kaniyang sariling
tahanan. 40 Kaya tumawid ang hari patungong Gilgal, at
tumawid kasama niya si Camaam. Lahat ng hukbo ng Juda
ay dinala ang hari, at kalahati rin ng hukbo ng Israel. 41
Sa madaling panahon lahat kalalakihan ng Israel ay nag-
umpisang pumunta sa hari at sinabi sa hari, "Bakit ang mga
kapatid naming lalaki, ang kalalakihan ng Juda, ninakaw
kayo palayo at dinala ang hari at kaniyang pamilya sa
Jordan, at lahat ng kalalakihan ni David kasama niya?"
42 Kaya sumagot ang kalalakihan ng Israel, "Ito ay dahil
mas malapit na kamag-anak ang hari sa amin. Kung kaya
bakit kayo magagalit tungkol dito? Kinain ba namin ang
anumang bagay na kailangan bayaran ng hari? Binigyan
ba niya kami ng anumang mga regalo? 43 Sumagot ang
kalalakihan ng Israel sa kalalakihan ng Juda, "Mayroon
kaming sampung liping kamag-anak ng hari, kaya mas may
karapatan kami kay David kaysa sa inyo. Kung kaya bakit
ninyo kami nilinlang? Hindi ba ang aming mungkahi na ibalik
ang aming hari ang unang pinakinggan?" Pero ang mga
salita ng kalalakihan ng Juda ay naging mas marahas kaysa
sa mga salita ng kalalakihan ng Israel.

**20** Mayroon ding nangyari sa parehong lugar isang
basagulero na ang pangalan ay Seba anak na lalaki
ni Bicri, isang lahi ni Benjamin. Hinipan niya ang trumpeta
at sinabing, "Wala kaming kinuhang bahagi kay David, ni
nakuhang pamana sa anak na lalaki ni Jesse. Hayaan ang
bawat lalaking bumalik sa kaniyang tahanan, sa Israel." 2
Kaya iniwan si David ng lahat ng kalalakihan ng Israel at
sumunod kay Seba na anak na lalaki ni Bicri. Pero sumunod
ng mas malapit ang kalalakihan ng Juda sa kanilang hari,
mula Jordan hanggang Jerusalem. 3 Nang dumating si
David sa kaniyang palasyo sa Jerusalem, kinuha niya ang
sampung asawang lingkod na iniwan niya para pangalagaan
ang palasyo, at inilagay niya sila sa isang bahay na may mga
bantay. Naglaan siya para sa kanilang pangangailangan,
pero hindi na siya sumiping sa kanila kailanman. Kaya
kinulong sila hanggang sa araw ng kanilang kamatayan,
namuhay na parang sila ay mga balo. 4 Pagkatapos sinabi
ng hari kay Amasa, "Tawagin ang kalalakihan ng Juda ng
magkasama sa loob ng tatlong araw; dapat narito karin."
5 Kaya pumunta si Amasa para tawagin ang kalalakihan
ng Juda ng magkasama, pero nanatili siya ng higit pa sa
itinakdang oras na inutos sa kaniya ng hari. 6 Kaya sinabi ni
David kay Abisai, "Ngayon si Seba anak na lalaki ni Bicri ay
gagawan tayo ng mas maraming pinsala kaysa sa ginawa ni
Absalom. Kunin ang mga lingkod ng iyong panginoon, aking
mga sundalo, at tugisin siya o baka makahanap siya ng
pinatibay na mga lungsod at makawala sa ating paningin." 7
Pagkatapos lumabas ang kalalakihan ni Joab at hinabol
siya, kasama ng mga lahi ni Kereteo at ang mga lahi ni
Pelet at lahat ng malalakas na mandirigma. Umalis sila sa
Jerusalem para habulin si Seba anak na lalaki ni Bicri. 8
Nang nasa dakilang bato na sila na nasa Gibeon, Dumating
si Amasa para salubungin sila. Nakasuot si Joab ng baluting
pandigma na kaniyang isinuot, na kalakip ang isang sinturon
palibot sa kaniyang baywang na mayroong nakalagay na
isang espadang may lalagyan nito. Sa kaniyang paglalakad,
nahulog ang espada. 9 Kaya sinabi ni Joab kay Amasa,
"Mabuti ba ang lagay mo, aking pinsan?" Magiliw ni Joab na
kinuha ang balbas ni Amasa ng kaniyang kanang kamay
para halikan siya. 10 Hindi napansin ni Amasa ang punyal na
nasa kaliwang kamay ni Joab. Sinaksak ni Joab si Amasa sa
tiyan at nahulog sa lupa ang kaniyang mga bituka. Hindi na
siya hinampas muli ni Joab, at namatay si Amasa. Kaya si
Joab at Abisai kaniyang kapatid na lalaki ay hinabol si Seba
anak na lalaki ni Bicri. 11 Pagkatapos isa sa kalalakihan ni
Joab ay tumayo sa gilid ni Amasa, at sinabi ng lalaki, "Siya
na pumapanig kay Joab, at siya na kay David, hayaan silang
sumunod kay Joab." 12 Nakahiga si Amasa na naliligo sa
kaniyang dugo sa gitna ng daan. Nang nakita ng lalaki na
lahat ng tao'y nanatiling nakatayo, kinuha niya si Amasa
paalis sa daan at inilagay sa isang bukirin. Tinapon niya
ang isang tela kay Amasa dahil nakita niya na ang bawat
isa na dumating kasama niya ay nanatiling nakatayo. 13
Pagkatapos nang inalis si Amasa sa daan, sumunod ang
lahat ng kalalakihan kay Joab sa paghabol kay Seba na
anak na lalaki ni Bicri. 14 Nakalagpas si Seba sa lahat ng lipi
ng Israel sa Abel, sa Bet Maaca, at sa lahat ng lupain ng
mga lahi ni Beri, na nagtipong magkakasama at tinugis rin si
Seba. 15 Nahuli nila siya at nakulong siya sa Abel ng Bet
Maaca. Gumawa sila ng isang panlusob na dahilig laban sa
lungsod laban sa pader. Lahat ng hukbo na kasama ni Joab
ay hinampas ang pader para patumbahin ito. 16 Pagkatapos

isang matalinong babae ang sumigaw sa labas ng lungsod,
“Makinig kayo, pakiusap makinig ka, Joab! Lumapit ka sa
akin para maaari akong makipag-usap sa iyo.” **17** Kaya
lumapit si Joab sa kaniya, at sinabi ng babae, “Ikaw ba si
Joab?” Sumagot siya, “Ako nga.” Pagkatapos sinabi niya sa
kaniya, “Makinig sa mga salita ng iyong lingkod.” Sumagot
siya, “Nakikinig ako.” **18** Pagkatapos sinabi niya, “Sinasabi
nila sa sinaunang panahon, 'Siguraduhing humingi ng payo
sa Abel,' at ang payong iyon ang tatapos sa bagay. **19**
Kami ang lungsod na isa sa mga pinaka-mapayapa at tapat
sa Israel. Sinusubukan ninyong sirain ang isang lungsod
na ina sa Israel. Bakit ninyo gustong lunukin ang mana ni
Yahweh?” **20** Kaya sumagot si Joab at sinabing, “Huwag
sanang pahintulatan, huwag sanang pahintulatan mula sa
akin, na lunukin ko o sirain. **21** Hindi iyan totoo. Pero isang
lalaki mula sa burulang bansa ng Efraim, na ang pangalan ay
Seba anak na lalaki ni Bicri, itinaas niya ang kaniyang kamay
laban sa hari, laban kay David. Ibigay ninyo siyang mag-isa,
at aalis ako mula sa lungsod.” Sinabi ng babae kay Joab,
“Itatapon ang kaniyang ulo sa iyo sa ibabaw ng pader.” **22**
Pagkatapos pumunta ang babae sa lahat ng tao sa kaniyang
karunungan. Pinutol nila ang ulo ni Seba anak na lalaki ni
Bicri, at itinapon ito palabas kay Joab. Pagkatapos hinipan
niya ang trumpeta at nilisan ng mga tauhan ni Joab ang
lungsod, bawat lalaki sa kaniyang tahanan. At bumalik si
Joab sa Jerusalem sa hari. **23** Ngayon si Joab ay nasa lahat
ng hukbo ng Israel, at si Benaias anak na lalaki ni Joaida ay
nasa mga lahi ni Ceret at sa mga lahi ni Pelet. **24** Si Adoram
ay nasa kalalakihan na gumagawa ng sapilitang trabaho, at
si Jehoshafat anak na lalaki ni Ahilud ay ang tagatala. **25** Si
Seva ay tagasulat at si Zadok at Abiatar ang mga pari. **26** Si
Ira ang lahi ni Jair ang pangulong ministro ni David.

**21** May taggutom ng panahon ni David ng tatlong taon
na magkakasunod, at hinanap ni David ang mukha ni
Yahweh. Kaya sinabi ni Yahweh, “Kaya may taggutom sa
iyo dahil kay saul at sa mapanganib niyang pamiya, dahil
inilagay niya ang mga lahi ni Gibeon sa kamatayan.” **2**
Ngayon hindi nagmula ang mga lahi ni Gibeon sa Israel;
nagmula sila sa anumang natira ng mga Amoreo. Sumumpa
ang mga tao ng Israel na hindi sila papatayin, subalit
gayunpaman sinubukan silang lahat na patayin ni Saul sa
kanyang kasigasig sa mga tao ng Israel at sa Judah. **3**
Kaya tinawag ni Haring David ang mga lahi ni Gibeon at
sinabi sa kanila, “Ano ang kailangan kong gawin para sa
inyo? Paano ako makagagawa ng pambayad sa kasalanan,
nang sa gayun maaari ninyong pagpalain ang mga tao
ni Yahweh, na nagmana ng kanyang kabutihan at mga
pangako?” **4** Sumagot ang mga lahi ni Gibeon sa kaniya,
“Hindi ito tungkol sa pilak o ginto sa pagitan namin at kay
Saul o sa kaniyang pamilya. At hindi para ilagay namin
ang sinumang tao sa kamatayan sa Israel.” Sumagot si
David, “Anuman ang hilingin ninyo, iyon ang gagawin ko
para sa inyo.” **5** Sumagot sila sa hari, “Ang taong sumubok
na patayin kaming lahat, na nagbalak ng masama laban
sa amin, para mawasak kami ngayon at mawalan lugar
sa loob ng mga hangganan ng Israel— **6** hayaang ibigay
sa amin ang pitong kalalakihan mula sa kaniyang kaapu-
apuhan, at bibitayin namin sila sa harapan ni Yahweh sa
Gibea ni Saul, ang isang pinili ni Yahweh.” Kaya sumagot
ang hari, “Ibibigay ko sila sa inyo.” **7** Pero iniligtas ng hari si
Mefiboset anak na lalaki ni Jonatan anak na lalaki ni Saul,
dahil sa sinumpaan ni Yahweh sa pagitan nila, sa pagitan ni
David at Jonatan anak na lalaki ni Saul. **8** Pero kinuha ng
hari ang dalawang anak na lalaki ni Rizpa anak na babae
ni Aya, mga anak na lalaki na kaniyang ipinanganak kay
Saul—pinangalanan ang dalawang anak na lalaking Armoni
at Mefiboset; at kinuha rin ni David ang limang anak na lalaki
ni Mical na anak na babae ni Saul, na kaniyang iniluwal
kay Adriel anak na lalaki ni Barzilai ang taga-Mehola. **9**
Ibinigay niya sila sa mga kamay ng mga lahi ni Gibeon.
Binitay nila sila sa bundok sa harapan ni Yahweh, at silang
pito ay namatay lahat ng magkakasama. Nilagay sila sa
kamatayan sa panahon ng ani, sa panahon ng mga unang
araw sa umpisa ng ani ng sebada. **10** Pagkatapos si Rizpa,
ang anak na babae ni Aya, kumuha ng telang magaspang at
nilatag sa kaniyang sarili sa bundok sa tabi ng patay na
mga katawan, mula sa simula ng ani hanggang bumuhos
ang ulan sa kanila galing sa langit. Hindi niya hinayaan ang
mga ibon sa langit na galawin ang mga katawan sa araw o
mga mababangis na hayop sa gabi. **11** Sinabi kay David
ang anumang ginawa ni Rizpa, anak na babae ni Aya, ang
asawang alipin ni Saul. **12** Kaya pumunta si David at kinuha
ang mga buto ni Saul at mga buto ni Jonatan kaniyang
anak na lalaki mula sa kalalakihan ng Jabes Galaad, na
nagnakaw sa kanila mula sa plasa ng Beth San, kung saan
sila binitay ng mga Palestina, pagkatapos mapatay ng mga
Palestina si Saul sa Gilboa. **13** Kinuha ni David mula doon
ang mga buto ni Saul at Jonatan na kaniyang anak, at tinipon
rin niya ang mga buto ng pitong kalalakihan na binitay. **14**
Inilibing nila ang mga buto ni Saul at Jonatan na kaniyang
anak na lalaki sa bansa ni Benjamin sa Zela, sa libingan ni
Kish na kaniyang ama. Isinagawa nila ang lahat ng inutos
ng hari. Pagkatapos sinagot ng Diyos ang kanilang mga
panalangin sa lupain. **15** Pagkatapos pumunta ang mga
taga-Filisteo sa digmaan kasama ng Israel. Kaya bumaba
si David kasama ng kaniyang hukbo at nakipaglaban sa
Filisteo. Napagtagumapayan ni David ang nakakapagod
na labanan. **16** Si Esbibenob, isang kaapu-apuhan ng mga

higante, na ang sibat na pilak ay may bigat sa tatlung daang
siklo, at armado ng isang bagong espada, inilaan para
patayin si David. **17** Pero iniligtas si David ni Abisai anak
na lalaki ni Zeruias, sinalakay ang Filisteo, at pinatay siya.
Pagkatapos sumumpa ang kalalakihan ni David, sinabing,
“Hindi kana dapat pumunta sa digmaan kasama namin,
para hindi mo mapatay ang lampara ng Israel.” **18** Nangyari
pagkatapos nito nagkaroon uli ng isang labanan kasama
ng mga taga-Filisteo sa Gob, nang pinatay ni Sibecai na
Husatita si Saf, na isa sa lahi ni Hus, na isa sa mga kaapu-
apuhan ng Refaim. **19** Nangyari uli sa isang labanan kasama
ng mga taga-Filisteo sa Gob, na si Elhanan anak na lalaki ni
Jair ang Betlehemita na pinatay si Goliat ang Geteo, ang
tungkod ng sibat ay gaya ng isang sinag ng panghabi. **20**
Nangyari sa isa pang labanan sa Gat na mayroong isang
tao na napakataas na mayroong anim na daliri sa bawat
kamay at anim na daliri sa bawat paa, dalawampu't-apat sa
bilang. Siya rin ay naggaling sa Refaim. **21** At nang hinamon
niya ang Israel, si Jonatan anak na lalaki ni Simea, kapatid
na lalaki ni David, ay pinatay siya. **22** Ito ang mga kaapu-
apuhan ng Refaim ng Gat, at pinatay sila sa pamamagitan
ng kamay ni David at sa kamay ng kaniyang mga sundalo.

**22** Umawit si David kay Yahweh ng mga salita ng kantang
ito sa araw na iniligtas siya ni Yahweh palabas sa
kamay ng lahat ng kaniyang mga kaaway, at palabas sa
kamay ni Saul. **2** Nanalangin siya, “Si Yahweh ay aking
bato, ang aking tanggulan, ang siyang nagliligtas sa akin. **3**
Ang Diyos ang aking muog. Kumukuha ako ng kanlungan
sa kaniya. Siya ang aking panangga, ang sungay ng aking
kaligtasan, aking matibay na tanggulan, at aking kanlungan,
ang siyang nagliligtas sa akin mula sa karahasan. **4** Tatawag
ako kay Yahweh, na karapatdapat purihin, at maliligtas
ako mula sa aking mga kaaway. **5** Dahil nakapalibot sa
akin ang mga alon ng kamatayan. Ang walangsaysay na
bugso ng mga tubig tumabon sa akin. **6** Ang mga gapos
ng sheol nakapalibot sa akin; binibihag ako ng patibong ng
kamatayan. **(Sheol h7585)** **7** Sa aking pagkabalisa tumawag
ako kay Yahweh; Tumawag ako sa aking Diyos; dininig niya
ako sa aking boses mula sa kaniyang templo, at ang aking
tawag para sa tulong nakarating sa kaniyang mga tainga. **8**
Pagkatapos naalog ang mundo at nayanig. Nangatog ang
mga pundasyon ng kalangitan at inalog, dahil galit ang
Diyos. **9** Lumabas ang usok mula sa mga butas ng kaniyang
ilong, at lumabas ang nagliliyab na apoy sa kaniyang bibig.
Umapoy ang mga uling sa pamamagitan nito. **10** Binuksan
niya ang kalangitan at bumaba, at makapal na dilim ang
nasa ibaba ng kaniyang mga paa. **11** Sumakay siya sa isang
anghel at lumipad. Nakita siyang lumilipad sa mga pak-
pak ng hangin. **12** At gumawa siya ng kadiliman sa toldang
nakapalibot sa kaniya, nag-iipon ng mga mabibigat na ulap
ulan sa himpapawid. **13** Mula sa kidlat sa harapan niya
nahulog ang mga uling ng apoy. **14** Kumulog si Yahweh mula
sa kalangitan. Sumigaw ang Kataas-taasan. **15** Nagpatama
siya ng mga pana at kinalat ang kaniyang mga kaaway
— mga boltahe ng kidlat at ikinalat ito. **16** Pagkatapos
nagkaroon ng mga daluyan ng tubig; ang mga pundasyon
ng mundo ay nagkalat sa sigaw ng digmaan ni Yahweh, sa
bugso ng hininga ng mga butas ng kaniyang ilong. **17** Inabot
niya pababa mula sa itaas; hinawakan niya ako! Hinila niya
ako palabas ng umaalon na tubig. **18** Iniligtas niya ako mula
sa malakas kong kaaway, mula doon sa napopoot sa akin,
dahil masyado silang malakas sa akin. **19** Dumating sila
laban sa akin sa araw ng aking pagkabalisa, pero si Yahweh
ang umalalay sa akin. **20** Dinala rin niya ako sa isang
malawak na lugar. Iniligtas niya ako dahil nasiyahan siya sa
akin. **21** Ginantimpalaan ako ni Yahweh sa sukat ng aking
katuwiran; binalik niya ako sa sukat ng kalinisan ng aking
mga kamay. **22** Dahil pinanatili ko ang mga kaparaanan ni
Yahweh at hindi gumawa ng kasamaan sa pamamagitan
ng pagtalikod mula sa aking Diyos. **23** Dahil ang lahat ng
kaniyang matuwid na mga utos ay nasa harapan ko; para sa
kaniyang mga batas, hindi ako tumalikod palayo sa mga ito.
**24** Naging walang sala rin ako sa harapan niya, at pinanatili
kong malayo ako mula sa kasalanan. **25** Kaya ibinalik ako ni
Yahweh sa sukat ng aking katuwiran, sa antas ng aking
kalinisan sa kaniyang paningin. **26** Sa isang tapat, ipinakita
mo ang iyong sarili na maging tapat; sa isang tao na walang
sala, ipinakita mo ang iyong sarili na maging walang sala. **27**
Sa mga dalisay ipinakita mo ang iyong sariling dalisay, pero
ikaw ay matigas sa baluktot. **28** Iniligtas mo ang mga taong
nasaktan, pero laban ang iyong mga mata sa mayayabang,
at ibinababa mo sila. **29** Dahil ikaw ang aking lampara,
Yahweh. Inilawan ni Yahweh ang aking kadiliman. **30** Dahil
sa pamamagitan kaya kong tumakbo sa ibabaw ng barikada;
sa pamamagitan ng aking Diyos makakatalon ako sa ibabaw
ng isang pader. **31** Para sa Diyos, ang kaniyang paraan
ay tama. Ang salita ni Yahweh ay dalisay. Siya ay isang
panangga sa bawat taong nagkukubli sa kaniya. **32** Dahil
sino ang Diyos maliban kay Yahweh? At sino ang isang bato
maliban sa ating Diyos? **33** Ang Diyos ay aking kanlungan,
at pinamunuan niya ang walang salang tao sa kaniyang
daraanan. **34** Ginawa niyang matulin ang aking mga paa
gaya ng isang usa at inilagay ako sa mga bundok. **35**
Sinanay niya ang aking mga kamay para sa digmaan, at ang
aking mga braso para iyuko ang isang tanso na pana. **36**
Ibinigay mo sa akin ang panangga ng iyong kaligtasan, at
ang iyong biyaya ay gumawa sa akin ng dakila bagay. **37**
Gumawa ka ng isang malapad na lugar para sa aking mga

paa na tinatapakan ko, para hindi dumulas ang aking mga
paa. 38 Hinabol ko ang aking mga kaaway at winasak sila.
Hindi ako tumalikod hanggang sila ay mawasak. 39 Nilamon
ko sila at binasag sila; hindi sila makakabangon. Bumagsak
sila sa ilalim ng aking mga paa. 40 Nilagyan mo ako ng
lakas gaya ng isang sinturon para sa labanan; inilagay mo
ako sa ibaba sa mga lumalaban sa akin. 41 Binigay mo sa
akin ang likod ng aking mga kaaway; Winasak ko ang mga
galit sa akin. 42 Umiyak sila para tulungan, pero walang
isang naligtas sa kanila; umiyak sila kay Yahweh, pero hindi
siya sumagot sa kanila. 43 Hinampas ko sila hanggang
maging mga piraso tulad ng alikabok sa lupa, pinulbos ko
sila gaya ng putik sa mga kalye. 44 Iniligtas mo rin ako
mula sa mga alitan ng sarili kong mga tao. Pinanatili mo ako
bilang ulo ng mga bansa. Sa mga tao na hindi ko alam kung
pinaglilingkuran ako. 45 Pinilit ang mga dayuhan na yumuko
sa akin. Nang panahon na narinig nila ako, sinunod nila ako.
46 Dumating na nanginginig ang mga dayuhan palabas sa
kanilang mga kuta. 47 Buhay si Yahweh! Nawa'y purihin ang
aking bato. Nawa'y maitaas ang Diyos, ang bato ang aking
kaligtasan. 48 Ito ang Diyos na nagsasagawa ng paghihiganti
para sa akin, ang siyang nagdadala pababa sa mga tao sa
ilalim ko. 49 Ginawa niya akong malaya mula sa aking mga
kaaway. Sa katunayan, itinaas mo ako sa ibabaw ng mga
lumalaban sa akin. Iniligtas mo ako mula sa marahas na
kalalakihan. 50 Kung kaya magbibigay ako ng pasasalamat
sa iyo, Yahweh, sa piling ng mga bansa; Aawit ako ng mga
pasasalamat sa iyong pangalan. 51 Nagbibigay ng dakilang
tagumpay ang Diyos sa kaniyang hari, at ipinapakita niya
ang kaniyang katapatang tipan sa kaniyang hinirang, kay
David at sa kaniyang kaapu-apuhan magpakailanman."

**23** Ngayon, ito ang mga huling sinabi ni David—David na
lalaking anak ni Jesse, ang taong mataas na kinikilala,
ang siyang pinahiran ng langis ng Diyos ni Jacob, ang
matamis na manunulat ng awit ng Israel. 2 "Nangusap sa
pamamagitan ko ang Espiritu ni Yahweh at nasa aking dila
ang kaniyang salita. 3 Sinabi ng Diyos ng Israel, sinabi
ng Bato ng Israel sa akin, 'Ang isang namumuno nang
makatarungan sa mga tao, namumuno ng may takot sa
Diyos. 4 Siya ay magiging tulad ng liwanag sa umaga sa
pagsikat ng araw, isang umaga na walang mga ulap, sa
pag-usbong ng malambot na mga damo mula sa lupa sa
pamamagitan nang maliwanag na sinag ng araw pagkatapos
ng ulan. 5 Tunay nga, hindi ba gaya nito ang aking
sambahayan sa harapan ng Diyos? Hindi ba gumawa siya
ng tipan sa akin na walang hanggan, maayos at tiyak
sa kahit na anong paraan? Hindi ba pinalago niya ang
aking kaligtasan at tinupad ang aking bawat naisin? 6 Pero
ang lahat ng mga walang kabuluhan, magiging katulad
ng mga tinik na itatapon, dahil walang mga kamay ang
makakapagtipon sa kanila. 7 Ang taong gagalaw sa kanila,
kailangang gumamit ng kasangkapang bakal o tungkod ng
sibat. Kailangan silang tupukin kung saan sila nakakalat.'"
8 Ito ang mga pangalan ng mga magigiting na kawal ni
David: Jesbaal na Hacmonita na naging pangulo ng mga
magiting na kawal. Nakapatay siya ng walong daang tao sa
isang pagkakataon. 9 Sumunod sa kaniya si Eleazar na
lalaking anak ni Dodo, lalaking anak ng isang Ahohita, isa
sa tatlong magigiting na mga tauhan ni David. Naroon siya
nang nilabanan nila ang mga taga-Filisteo na sama-samang
nagtipon para makipagdigmaan, at nang umurong ang mga
tauhan ng Israel. 10 Nanatili si Eleazar at nilabanan ang mga
taga-Filisteo hanggang sa napagod ang kaniyang kamay at
nanigas ang kaniyang kamay sa mahigpit na pagkakahawak
sa kaniyang espada. Nagdala ng tagumpay si Yahweh sa
araw na iyon. Bumalik ang hukbo pagkatapos ni Eleazar,
para lang hubaran ang mga katawan. 11 Sumunod sa kaniya
si Samma na lalaking anak ni Age, isang Hararita. Sama-
samang nagtipon ang mga taga-Filisteo kung saan may
bukid ng mga lentil, at tinakasan sila ng hukbo. 12 Pero
tumayo si Samma sa gitna ng bukid at ipinagtanggol ito.
Napatay niya ang mga taga-Filisteo at nagdala ng isang
dakilang tagumpay kay Yahweh. 13 Tatlo sa tatlumpung
tauhan ang bumaba papunta kay David sa panahon ng ani,
sa kuweba ng Adullam. Nakakampo ang hukbo ng mga
taga-Filisteo sa lambak ng Refaim. 14 Si David noon ay
nasa kaniyang tanggulan, isang yungib, habang nagtatag
ang mga taga-Filisteo sa Bethlehem. 15 Nagnais si David
ng tubig at sinabing, "Kung mayroon lamang magbibigay
sa akin ng tubig na maiinom mula sa balon ng Bethlehem,
ang balon na nasa tarangkahan!" 16 Kaya sinira ng tatlong
magigiting na lalaki ang hukbo ng mga taga-Filisteo at
sumalok ng tubig sa balon ng Betlehem, ang balon na
nasa tarangkahan. Kumuha sila ng tubig at dinala ito kay
David, pero hindi niya ininom ito. Sa halip, ibinuhos niya
ito kay Yahweh. 17 Pagkatapos sinabi niya, "Huwag nawa
pahintulutan, Yahweh, na inumin ko ito. Iinumin ko ba ang
dugo ng mga taong nagbuwis ng kanilang mga buhay?"
Kaya tumanggi siyang ininumin ito. Ito ang mga bagay na
ginawa ng tatlong magigiting na lalaki. 18 Si Abisai, lalaking
kapatid ni Joab at lalaking anak ni Zeruias, ang kapitan
ng tatlo. Minsan na siyang nakipaglaban sa tatlong daang
kalalakihan gamit ang kaniyang sibat at pinatay sila. Madalas
siyang banggitin kasama ng tatlong kawal. 19 Hindi ba mas
kilala siya kaysa tatlong kawal? Ginawa nila siyang kapitan.
Gayunman, hindi napantayan ng kaniyang katanyagan ang
katanyagan ng tatlong pinakakilalang mga kawal. 20 Si
Benaias, mula sa Kabzeel, ay lalaking anak ni Joaida; siya

ang malakas na lalaki na gumawa ng mga dakilang gawa.
Pinatay niya ang dalawang lalaking anak ni Ariel ng Moab.
Bumaba rin siya sa loob ng isang hukay at pinatay ang
leon habang nagniniyebe. 21 At pinatay niya ang isang
napakalaking lalaking taga-Ehipto. May hawak na sibat ang
taga-Ehipto, pero nakipaglabanan si Benaias sa kaniya gamit
lamang ang isang tungkod. Inagaw niya mula sa kamay ng
taga-Ehipto at pinatay siya gamit ang kaniyang sariling sibat.
22 Ginawa ni Benaias anak na lalaki ni Joaida itong mga
kahanga-hangang gawa, at pinangalanan siya kasama ng
tatlong magigiting na lalaki. 23 Labis siyang hinangaan kaysa
sa tatlumpung kawal sa pangkalahatan, pero hindi siya labis
na hinahangaan gaya ng tatlong pinaamahusay na kawal.
Pero ginawa siya ni David na tagapamahala ng kaniyang
mga tagabantay. 24 Kasali sa tatlumpu ang mga sumusunod
na lalaki: Asahel lalaking kapatid ni Joab, Elhanan lalaking
anak ni Dodo na mula sa Betlehem, 25 Samma na Horodita,
Elika na Harodita, 26 Helez na Paltita, Ira na lalaking anak ni
ekis na taga-Tekoa, 27 Abi Ezer na taga-Anatot, Mebunai
na taga-Husa, 28 Zalmon na taga-Aho, Maharai na Netofa;
29 Heleb lalaking anak ni Baana, taga-Netofa, Itai lalaking
anak ni Ribai na mula sa Gibea ng mga lahi ni Benjamin, 30
Benaias ang Piraton, Hidai ng mga lambak ng Gaas. 31
Abialbon na Araba, Azmavet na Bahurim, 32 Eliahba na
taga-Saalbon, mga lalaking anak ni Jasen, Jonatan; 33
Samma na taga-Arar, Ahiam anak ni Sharar na taga-Arar,
34 Elifelet lalaking anak ni Ahasbai na taga-Maaca, Eliam
lalaking anak ni Ahithofel na taga-Gilo, 35 Hezro na taga-
Carmel, Paarai ang Arab 36 Igal lalaking anak ni Natan mula
sa Zoba, Bani mula sa lipi ni Gad, 37 Zelek na taga-Ammon,
Naharai na taga-Beerot, tagadala ng baluti kay Joab lalaking
anak ni Zeruias, 38 Ira na taga-Jatir, Gareb taga-Jatir, 39
Urias ang Heteo— tatlumpu't pito lahat.

**24** Muling sumiklab ang galit ni Yahweh laban sa Israel at
pinakilos niya si David laban sa kanila sa pagsasabi,
“Bilangin ang Israel hanggang Juda”. Pagkatapos sinabi ni
David “Sige, bilangin ang Israel at Juda.” 2 Sinabi ng hari
kay Joab na pinuno ng hukbo na kasama niya, “Puntahan
ang lahat ng mga lipi ng Israel, mula Dan hanggang Beer-
seba at bilangin ang lahat ng mga tao, para malaman ko ang
buong bilang ng mga kalalakihang akma para sa digmaan.”
3 Sinabi ni Joab sa hari, “Paramihin nawa ni Yahweh ang
bilang ng mga tao ng sandaang ulit at makita nawa'y makita
nga mga mata nag aking panginoon ang hari ang katuparan.
Pero bakit kaya ito ang nais ng aking hari?” 4 Gayunman,
tapos na ang salita ng hari laban kay Joab at laban sa mga
pinuno ng hukbo. Kaya umalis si Joab at ang mga pinuno
mula sa harapan ng hari para bilangin ang mga tao ng
Israel. 5 Tumawid sila ng Jordan at nagkampo malapit sa
Aroer, timog sa lungsod sa lambak. Pagkatapos dumaan
sila sa Gad patungong Jazer. 6 Dumating sila sa Galaad
at sa lupain ng Tatim Hodsi, pagkatapos sa Dan Jaan at
paikot papuntang Sidon. 7 Narating nila ang tanggulan
ng Tiro at ang lahat ng lungsod ng mga Hivita at mga
Cananeo. Pagkatapos lumabas sila ng Negev sa Juda sa
Beer-seba. 8 Nang malagpasan sa buong lupain, bumalik
sila sa Jerusalem matapos nilang malibot ang buong lupain
pagkalipas ng siyam na buwan at dalawampung araw. 9
Pagkatapos inulat ni Joab sa hari ang kabuuan ng bilang ng
mga lalaking nakikipaglaban. Sa Israel, mayroong 800, 000
na matatapang na kalalakihang bumunot ng espada at ang
mga tauhan sa Juda, 500, 000 kalalakihan. 10 Pagkatapos
nagdalamhati ang puso ni David matapos niyang bilangin ang
mga kalalakihan. Kaya sinabi niya kay Yahweh, “Nagkasala
ako nang matindi sa paggawa nito. Ngayon, Yahweh, alisin
mo ang pagkakasala ng iyong lingkod, sapagkat kumilos
ako nang may labis na kahangalan.” 11 Nang bumangon si
David kinaumagahan, ang salita ni Yahweh ay dumating
kay propetang Gad na tagahatid ng pangitain ni David na
nagsasabing, 12 “Sabihan si David: 'Ito ang sinasabi ni
Yahweh: “Bibigyan kita ng tatlong pagpipilian, pumili ka ng
isa sa mga iyon.”'” 13 Kaya pumunta si Gad kay David at
sinabi sa kaniya, “Tatlong taon ba na taggutom ang darating
sa iyo sa iyong lupain? O tatakas ka ng tatlong buwan
mula sa iyong mga kaaway habang hinahabol ka nila? O
magkakaroon ng salot sa iyong lupain sa loob ng tatlong
araw? Pag-isipan mo ngayon anong sagot ang ibabalik
sa kaniya na nagpadala sa akin.” 14 Pagkatapos sinabi
ni David kay Gad, “Hirap na hirap ang aking kalooban.
Hayaang mahulog tayo sa kamay ni Yahweh kaysa mahulog
sa mga kamay ng mga tao, napakadakila ng kaniyang mga
mahabaging gawa.” 15 Kaya nagpadala si Yahweh ng salot
mula umaga hanggang sa taning na oras, at pitumpung
libong tao ang namatay mula Dan hanggang Beer-seba. 16
Nang inabot ng anghel ang kaniyang kamay sa dako ng
Jerusalem para wasakin ito, nagbago ang ang isip ni Yahweh
tungkol sa kapahamakan, at sinabi sa anghel na pumupuksa
sa mga tao, “Tama na! Iatras mo ngayon ang iyong kamay.”
Nakatayo noon ang anghel ni Yahweh sa giikan ni Arauna
na Jebuseo. 17 At nakipag-usap si David kay Yahweh nang
makita niya ang anghel na sumugod sa mga tao at sinabing,
“Nagkasala ako” at “labis akong nagkamali. Pero itong mga
tupa, ano ang kanilang nagawa? Pakiusap, hayaang ako at
ang sambahayan ng aking ama ang parusahan ng inyong
kamay!” 18 Pagkatapos pumunta si Gad nang araw na iyon
kay David at sinabi sa kaniya, “Umakyat ka at gumawa ng
altar para kay Yahweh sa giikan ni Arauna na Jebuseo.”
19 Kaya umakyat si David gaya ng itinagubilin ni Gad na

gawin niya, gaya ng inutos ni Yahweh. 20 Tumingin sa
labas si Arauna at nakitang papalapit na ang hari at ang
kaniyang mga lingkod. Kaya lumabas si Arauna at yumukod
sa hari na ang kaniyang mukha ay nasa lupa. 21 Pagkatapos
sinabi ni Arauna, "Bakit narito ang aking panginoon ang
hari sa aking harapan, na kaniyang lingkod?" Sumagot si
David, "Para bilhin ang iyong giikan, para makagawa ako ng
altar para kay Yahweh, para maalis ang salot mula sa mga
tao." 22 Sinabi ni Arauna kay David, "Kunin mo ito bilang
sa iyo, aking panginoon ang hari. Gawin mo rito kung ano
ang tama sa iyong paningin. Tingnan mo, narito ang mga
lalaking baka para sa sinunog na handog at mga kareta ng
giikan at mga pamatok ng lalaking baka para panggatong.
23 Ako, si Arauna, ibibigay ang lahat ng ito sa iyo, aking
hari." Pagkatapos sinabi niya sa hari, "Tanggapin ka nawa
ni Yahweh na iyong Diyos." 24 Sinabi ng hari kay Arauna,
"Hindi, pinipilit kong bilhin ito sa halaga nito. Hindi ako mag-
aalay ng sinunog na handog kay Yahweh na walang halaga
sa akin." Kaya binili ni David ang giikan at lalaking baka sa
halagang limampung piraso ng pilak. 25 Gumawa roon ng
altar si David para kay Yahweh at naghandog doon ng mga
sinunog na handog at mga handog ng pagtitipon-tipon. Kaya
nasiyahan si Yahweh para sa lupain at nahinto ang salot sa
Israel.

# 1 Mga Hari

**1** Matandang-matanda na si Haring David. Binalutan nila
siya ng mga damit, pero hindi siya naiinitan. **2** Kaya
sinabi sa kaniya ng kaniyang mga lingkod, “Hayaan mo
kaming maghanap ng dalagang birhen para sa aming hari.
Paglingkuran niya ang hari at alagaan siya. Hihiga siya sa
iyong mga bisig upang maiinitan ang aming panginoon na
hari.” **3** Kaya naghanap sila ng isang magandang babae
sa loob ng mga hangganan ng Israel. Nahanap nila si
Abisag na taga-Sunem at dinala siya sa hari. **4** Siya ay
napakagandang babae. Pinaglingkuran niya ang hari at
inalagaan siya, pero hindi sumiping ang hari sa kaniya. **5** Sa
panahong iyon, itinaas ni Adonias na anak ni Haguit ang
kaniyang sarili, sinasabing, “Ako ang magiging hari.” Kaya
naghanda siya para sa kaniyang sarili ng mga karwahe at
mga mangangabayo na kasama ang limampung tao para
mauna sa kaniya. **6** Hindi siya ginambala ng kaniyang ama,
na nagsabing, “Bakit mo ginawa ito o iyan?” Si Adonias ay
isa ring napakakisig na lalaki, sumunod na ipinanganak kay
Absalom. **7** Kinausap niya sila Joab na anak ni Zeruias at si
Abiatar na pari. Sumunod sila kay Adonias at tinulungan
siya. **8** Ngunit sila Sadoc na pari, Benaias na anak ni Joiada,
Nathan na propeta, Semei, Rei, at ang mga magigiting na
mga taong sumusunod kay David ay hindi sumunod kay
Adonias. **9** Si Adonias ay nag-alay ng mga tupa, mga lalaking
baka, at mga pinatabang baka sa bato ng Zoholete na
katabi ng En-rogel. Inanyayahan niya ang lahat ng kaniyang
kapatid na lalaki, mga anak na lalaki ng hari, at lahat ng
kalalakihan sa Juda na mga lingkod ng hari. **10** Ngunit hindi
niya inanyayahan sila Nathan na propeta, Benaias, ang mga
magigiting na lalaki, o ang kaniyang kapatid na si Solomon.
**11** Pagkatapos, kinausap ni Nathan si Batsheba na ina ni
Solomon, sinasabing, “Hindi mo ba narinig na si Adonias na
anak ni Haguit ay naging hari, at hindi ito alam ni David
na ating panginoon? **12** Kaya ngayon, payuhan kita, para
maligtas mo ang sarili mong buhay at ang buhay ng iyong
anak na si Solomon. **13** Pumunta ka kay Haring David;
sabihin mo sa kaniya, 'Aking panginoong hari, hindi ba't
sumumpa ka sa iyong lingkod na iyong sinasabi, “Tiyak na si
Solomon na iyong anak ang maghahari pagkatapos ko, at
uupo siya sa aking trono?” Kung ganon, bakit naghahari si
Adonias?' **14** Habang kinakausap mo ang hari, papasok ako
pagkatapos mo at patutuhanan ko ang iyong mga salita.” **15**
Kaya pumunta si Batsheba sa silid ng hari. Napakatanda na
ng hari, at pinaglilingkuran siya ni Abisag na taga-Sunem.
**16** Yumuko si Batseba at nagpatirapa sa harap ng hari. At
sinabi ng hari, “Ano ang iyong nais?” **17** Sinabi niya sa
kaniya, “Aking panginoon, sumumpa ka sa iyong lingkod
kay Yahweh na iyong Diyos, na iyong sinabi, 'Tiyak na si
Solomon na iyong anak ang maghahari pagkatapos ko, at
uupo siya sa aking trono.' **18** Ngayon, tingnan mo, si Adonias
ang hari, at ikaw, aking panginoong hari, ay hindi mo alam
ito. **19** Nag-alay siya ng mga lalaking baka, pinatabang
baka, at maraming mga tupa at inanyayahan ang lahat ng
mga anak na lalaki ng hari, si Abiatar na pari, at si Joab na
kapitan ng hukbo, pero hindi niya inanyayahan si Solomon
na iyong lingkod. **20** Aking panginoong hari, ang mga mata
ng buong Israel ay nasa iyo, naghihintay sila na sabihin mo
sa kanila kung sino ang uupo sa trono pagkatapos mo, aking
panginoon. **21** Kung hindi, mangyayari ito, kapag nahimlay
na ang aking panginoon ang hari kasama ng kaniyang mga
ninuno, ako at ang aking anak na si Solomon ay ituturing
na mga kriminal.” **22** Habang kinakausap niya ang hari,
pumasok si Nathan na propeta. **23** Sinabi ng mga lingkod sa
hari, “Nandito si Nathan na propeta.” Nang pumunta siya sa
harapan ng hari, nagpatirapa siya na ang kaniyang mukha
ay nasa sahig. **24** Sinabi ni Nathan, “Aking panginoong hari,
sinabi mo bang, 'Si Adonias ang maghahari pagkatapos
ko, at uupo siya sa aking trono?' **25** Dahil bumaba siya
ngayon at nag-alay siya ng maraming mga lalaking baka,
mga pinatabang baka at mga tupa, at inanyayahan ang
lahat ng mga anak na lalaki ng hari, ang mga kapitan ng
mga hukbo, at si Abiatar na pari. Kumakain at umiinom sila
sa harapan niya, at isinasabi nilang, 'Mabuhay si Haring
Adonias!' **26** Pero ako na iyong lingkod, si Sadoc na pari,
si Benaias na anak ni Joiada, at ang iyong lingkod na si
Solomon, ay hindi niya inanyayahan. **27** Ginawa ba ito ng
aking panginoong hari nang hindi mo sinasabi sa amin na
iyong mga lingkod, kung sino ang dapat na maupo sa trono
pagkatapos niya?” **28** Pagkatapos, sumagot si Haring David
at sinabi, “Pabalikin mo sa akin si Batsheba.” Pumunta siya
sa harap ng hari at tumayo sa harap niya. **29** Gumawa ng
panata ang hari at sinabi, “Buhay si Yahweh, na tumubos sa
akin mula sa lahat ng kaguluhan, **30** tulad ng panunumpa ko
sa iyo kay Yahweh, ang Diyos ng Israel, sinasabi ko, 'Ang
iyong anak na si Solomon ang maghahari pagkatapos ko, at
uupo siya sa aking trono kapalit ko,' gagawin ko ito ngayon.”
**31** Pagkatapos, yumuko si Batseba na ang kaniyang mukha
ay nasa sahig at nagpatirapa sa harap ng hari at sinabi,
“Nawa ang aking panginoon na si Haring David ay mabuhay
magpakailanman!” **32** Sinabi ni Haring David, “Papuntahin
mo sa akin si Sadoc na pari, si Nathan na propeta, at si
Benaias na anak ni Joiada.” Kaya pumunta sila sa hari. **33**
Sinabi ng hari sa kanila, “Magsama kayo ng mga lingkod
ko na inyong panginoon, at pasakayin ninyo si Solomon
na aking anak sa aking sariling mola at dalhin ninyo siya
sa Gihon. **34** Pahiran siya ng langis nila Sadoc na pari at

Nathan na propeta bilang hari ng buong Israel at hipan
ang trumpeta at sabihi, 'Mabuhay si Haring Solomon!' 35
Pagkatapos ay susundan ninyo siya, at pupunta siya at
mauupo sa aking trono; dahil siya ang magiging hari kapalit
ko. Itinalaga ko siya para maging pinuno ng buong Israel
at Juda." 36 Sumagot si Benaias na anak ni Joiada sa
hari, at sinabi, "Nawa'y ito nga ang mangyari! Nawa'y si
Yahweh, na Diyos ng aking hari, ang magpatibay nito. 37
Kung paano sinamahan ni Yahweh ang aking panginoong
hari, nawa'y ganoon din kay Solomon, at gawing mas dakila
ang kaniyang trono kaysa sa trono ng aking panginoong
si Haring David." 38 Kaya sila Sadoc na pari, Nathan na
propeta, Benaias na anak ni Joiada, at ang mga Kereteo at
Peleteo ay bumaba at pinasakay si Solomon sa mola ni
Haring David; dinala nila siya sa Gihon. 39 Kinuha ni Sadoc
na pari ang sungay na lalagyan ng langis mula sa tolda
at pinahiran ng langis si Solomon. Pagkatapos ay hinipan
nila ang trumpeta, at sinabi ng lahat ng tao, "Mabuhay si
Haring Solomon!" 40 Pagkatapos, sumunod ang lahat ng
tao sa kaniya, at tumugtog ng mga plauta at nagsaya nang
may buong kagalakan, na ang lupa ay nayanig sa kanilang
tunog. 41 Narinig ito nila Adonias at ng lahat ng kaniyang
mga panauhin habang patapos na sila sa pagkain. Nang
narinig ni Joab ang tunog ng trumpeta, sinabi niya, "Bakit
napakaingay ng lungsod?" 42 Habang nagsasalita siya,
dumating si Jonatan na anak ni Abiatar na pari. Sinabi ni
Adonias, "Pumasok ka, dahil karapat-dapat ka at nagdadala
ka ng magandang balita." 43 Sumagot si Jonatan at sinabi
kay Adonias, "Ang aming panginoong si Haring David ay
ginawang hari si Solomon. 44 At pinadala ng hari sila Sadoc
na pari, Nathan na propeta, Benaias na anak ni Joiada, at
ang mga Kereteo at Peleteo na kasama niya. Pinasakay nila
si Solomon sa mola ng hari. 45 Pinahiran siya ng langis
bilang hari nila Sadoc na pari at Nathan ang propeta sa
Gihon, at nagsaya mula roon, kaya napakaingay ng lungsod.
Ito ang ingay na narinig mo. 46 Nakaupo rin si Solomon
sa trono ng kaharian. 47 Dagdag pa rito, ang mga lingkod
ng hari ay dumating para pagpalain ang ating panginoong
si Haring David, sinasabi nila, 'Nawa'y gawing mas dakila
ng iyong Diyos ang pangalan ni Solomon kaysa sa iyong
pangalan, at gawing mas dakila ang kaniyang trono kaysa
sa iyong trono.' At iniyuko ng hari ang kaniyang sarili sa
higaan. 48 Sinabi rin ng hari, 'Pagpalain nawa si Yahweh,
na Diyos ng Israel, na nagbigay ng isang tao na mauupo
sa aking trono balang-araw, at makita ito ng sarili kong
mga mata.'" 49 Pagkatapos, ang lahat ng mga panauhin ni
Adonias ay natakot; tumayo sila at kani-kaniyang umalis. 50
Takot si Adonias kay Solomon at tumayo siya, umalis, at
kinuha ang mga sungay sa altar. 51 Pagkatapos ay sinabi ito
kay Solomon, sinasabi, "Tingnan mo, si Adonias ay takot
kay Haring Solomon, dahil kinuha niya ang mga sungay sa
altar, sinasabi, 'Manumpa muna sa akin si Haring Solomon
na hindi niya papatayin ang kaniyang lingkod gamit ang
espada.'" 52 Sinabi ni Solomon, "Kung ipakikita niya na
siya ay isang taong karapat-dapat, kahit ang isang hibla ng
kaniyang buhok ay hindi malalagas sa lupa, ngunit kung
kasamaan ang makikita sa kaniya, mamamatay siya." 53
Kaya nagsugo si Haring Solomon ng mga kalalakihan, na
nagbaba kay Adonias pababa ng altar. Pumunta at yumuko
siya kay Haring Solomon, at sinabi ni Solomon sa kaniya,
"Umuwi ka na."

**2** Sa pagdating ng araw ng malapit nang mamatay si
David, inutusan niya si Solomon na kaniyang anak, sinabi
niya, 2 "Papunta na ako sa lupa. Kaya maging malakas
ka at ipakita mong lalaki ka. 3 Sundin mo ang mga utos
ni Yahweh na iyong Diyos na lumakad sa kaniyang mga
pamamaraan, na sumunod sa kaniyang mga alituntunin,
kautusan, desisyon, at mga kautusan sa tipan, maging
maingat na gawin kung ano ang nakasulat sa batas ni
Moises, sa gayon magtatagumpay ka sa lahat ng gagawin
mo, saan ka man pumunta, 4 upang tuparin ni Yahweh ang
kaniyang salita na sinabi niya tungkol sa akin, na sinasabi
niyang, 'Kung maingat na binabantayan ng mga anak mong
lalaki ang kanilang pag-uugali, na lalakad nang matapat sa
harapan ko nang kanilang buong puso at kaluluwa, hindi
titigil kailanman na magkaroon ka ng isang lalaki sa trono
ng Israel.' 5 Alam mo rin kung ano ang ginawa sa akin ni
Joab na anak ni Zeruias, at kung ano ang ginawa niya sa
dalawang kumander ng mga hukbo ng Israel, kay Abner
na anak ni Ner, at kay Amasa na anak ni Jeter, na pinatay
niya. Pinadanak niya ang dugo ng digmaan sa panahon ng
kapayapaan at inilagay ang dugo ng digmaan sa sinturon sa
palibot ng kaniyang baywang at sa mga sapatos niya sa
kaniyang mga paa. 6 Pakitunguhan mo si Joab gamit ang
karunungan na natutunan mo, pero huwag mong hayaang
ang kaniyang kulay abong ulo ay mapunta sa libingan nang
may kapayapaan. **(Sheol h7585)** 7 Subalit, magpakita ka ng
kabaitan sa mga anak na lalaki ni Barsilai na taga-Galaad,
at hayaan mo silang makasama sa mga kumakain sa iyong
mesa, dahil pumunta sila sa akin noong tumakas ako sa
kapatid mong si Absalom. 8 Tingnan mo, kasama mo si
Semei na anak ni Gera, ang Benjaminita ng Bahurim, na
sinumpa ako ng isang napakasamang sumpa noong araw
na pumunta ako sa Mahanaim. Bumaba si Semei para
salubungin ako sa Jordan, at sumumpa ako sa kaniya kay
Yahweh, sinasabi ko, 'Hindi kita papatayin gamit ang espada.'
9 Kaya ngayon, huwag mo siyang hayaang makawala mula
sa kaparusahan. Isa kang matalinong tao, at malalaman mo

kung ano ang dapat mong gawin sa kaniya. Dadalhin mo
ang kaniyang kulay abong ulo sa libingan nang may dugo."
(Sheol h7585) 10 Pagkatapos, nahimlay na si David kasama
ang kaniyang mga ninuno at inilibing sa lungsod ni David. 11
Ang mga araw na naghari si David sa Israel ay apatnapung
taon. Naghari siya sa Hebron ng pitong taon at sa Jerusalem
ng tatlumpu't tatlong taon. 12 Pagkatapos naupo si Solomon
sa trono ng kaniyang ama na si David, at ang kaniyang
pamumuno ay naging matatag. 13 Pagkatapos, pumunta si
Adonias na anak ni Haguit kay Batsheba na ina ni Solomon.
Sinabi niya, "Pumunta ka ba dito nang may kapayapaan?"
Sinagot niya, "Mapayapa." 14 Pagkatapos ay sinabi niya,
"Mayroon akong nais sabihin sa iyo." Kaya sumagot siya,
"Magsalita ka." 15 Sinabi ni Adonias, "Alam mo na ang
kaharian ay sa akin, at inasahan akong maging hari ng buong
Israel. Gayunpaman, bumaliktad ang naganap sa kaharian
at napunta sa aking kapatid, dahil ito ay sa kaniya mula kay
Yahweh. 16 Ngayon mayroon akong isang kahilingan sa iyo.
Huwag mo akong tanggihan." Sinabi sa kaniya ni Batsheba,
"Magsalita ka." 17 Sinabi niya, "Pakiusap, kausapin mo si
Solomon na hari, dahil hindi ka niya tatanggihan, para ibigay
niya sa akin si Abisag na taga-Sunem bilang aking asawa."
18 Sinabi ni Batsheba, "Kung ganoon, kakausapin ko ang
hari." 19 Kaya pumunta si Batsheba kay Haring Solomon
para kausapin siya para kay Adonias. Tumayo ang hari para
salubungin siya at yumuko siya sa kaniya. Pagkatapos ay
naupo siya sa kaniyang trono at nagpakuha ng trono para
sa ina ng hari. Naupo siya sa bandang kanang kamay niya.
20 Pagkatapos, sinabi niya, "Gusto kong humiling ng isang
maliit na kahilingan sa iyo; huwag mo akong tanggihan."
Sinagot siya ng hari, "Humiling ka, aking ina, dahil hindi
kita tatanggihan." 21 Sinabi niya, "Ibigay mo si Abisag na
taga-Sunem kay Adonias na iyong kapatid bilang kaniyang
asawa." 22 Sumagot si Haring Solomon at sinabi sa kaniyang
ina, "Bakit mo hinihingi si Abisag na taga-Sunem para kay
Adonias? Bakit hindi mo rin hingin ang kaharian para sa
kaniya, dahil siya ang aking nakatatandang kapatid—para
sa kaniya, para kay Abiatar na pari, at para kay Joab na
anak ni Zeruias?" 23 Pagkatapos ay sumumpa si Haring
Solomon kay Yahweh, sinasabi niya, "Nawa'y gawin sa akin
ng Diyos, at mas higit pa, kung hindi ito sinabi ni Adonias
laban sa kaniyang sariling buhay. 24 Kaya ngayon sa kay
Yahweh na buhay, na nagtatag at naglagay sa akin sa trono
ni David na aking ama, at ang gumawa ng sambahayan sa
akin tulad ng ipinangako niya, tiyak na papatayin si Adonias
ngayon." 25 Kaya pinadala ni Haring Solomon si Benaias na
anak ni Joiada at nahanap ni Benaias si Adonias at pinatay
siya. 26 At kay Abiatar na pari, sinabi ng hari, "Pumunta ka
sa Anatot, sa sarili mong bukirin. Dapat kang patayin, pero
hindi kita papatayin sa oras na ito, dahil binuhat mo ang
kaban ng tipan ng Panginoong si Yahweh sa harap ni David
na aking ama at kasama kang naghirap sa bawat paghihirap
ng aking ama." 27 Kaya inalis ni Solomon si Abiatar mula sa
pagiging pari ni Yahweh, para matupad niya ang salita ni
Yahweh, na sinabi niya tungkol sa sambahayan ni Eli sa
Silo. 28 Dumating ang balita kay Joab, dahil sinuportahan ni
Joab si Adonias, pero hindi niya sinuportahan si Absalom.
Kaya pumunta si Joab sa tolda ni Yahweh at kinuha ang
mga sungay sa altar. 29 Sinabi kay Haring Solomon na si
Joab ay tumakas papunta sa tolda ni Yahweh at ngayo'y
nasa tabi ng altar. Kaya sinugo ni Solomon si Benaias na
anak ni Joiada, sinasabi niya, "Humayo ka, patayin mo siya."
30 Kaya pumunta si Benaias sa tolda ni Yahweh at sinabi sa
kaniya, "Ang sabi ng hari, 'Lumabas ka.'" Sumagot si Joab,
"Hindi, mamamatay ako dito." Kaya bumalik si Benaias sa
hari, sinasabi niya, "Sinabi ni Joab na gusto niyang mamatay
sa altar." 31 Sinabi sa kaniya ng hari, "Gawin mo kung ano
ang sinabi niya. Patayin mo siya at ilibing, para maalis mo
mula sa akin at sa sambahayan ng aking ama ang dugo na
pinadanak ni Joab nang walang dahilan. 32 Nawa'y ibalik
ni Yahweh ang dugo sa kaniyang sarili, dahil nilusob niya
ang dalawang lalaking mas matuwid at mas mabuti kaysa
sa kaniya at pinatay sila gamit ang espada, sila Abner na
anak ni Ner, ang kapitan ng hukbo ng Israel, at Amasa na
anak ni Jeter, ang kapitan ng hukbo ng Juda, nang hindi
nalalaman ng aking amang si David. 33 Kaya nawa ang
dugo nila ay bumalik sa ulo ni Joab at sa ulo ng kaniyang
mga kaapu-apuhan magpakailanman. Pero kay David at sa
kaniyang mga kaapu-apuhan, at kaniyang sambahayan, at
sa kaniyang trono, nawa'y magkaroon ng kapayapaan mula
kay Yahweh magpakailanman." 34 Pagkatapos, umalis si
Benaias na anak ni Joiada at sinalakay si Joab at pinatay
siya. Inilibing siya sa kaniyang sariling bahay sa ilang. 35
Nilagay ng hari si Benaias na anak ni Joiada sa hukbo kapalit
niya, at nilagay niya si Sadoc na pari kapalit ni Abiatar. 36
Pagkatapos ay pinadala at pinatawag niya si Semei, at sinabi
sa kaniya, "Magtayo ka ng bahay sa Jerusalem at manirahan
doon, at huwag kang lalabas mula doon papunta kahit saang
lugar. 37 Dahil sa araw na umalis ka, at dumaan sa Lambak
ng Kidron, dapat mong malaman na tiyak kang mamamatay.
Ang dugo ay mapupunta sa iyong sarili." 38 Kaya sinabi ni
Semei sa hari, "Ang sinasabi mo ay mabuti. Tulad ng sinabi
ng aking panginoon na hari, gagawin ng iyong lingkod." Kaya
nanirahan si Semei sa Jerusalem nang maraming araw. 39
Pero sa pagtatapos ng tatlong taon, dalawa sa mga lingkod
ni Semei ay tumakas papunta kay Achish na anak ni Maaca
na hari ng Gat. Kaya sinabi nila kay Semei, "Tingnan mo,
ang mga lingkod mo ay nasa Gat." 40 At tumayo si Semei,

inihanda niya ang kaniyang asno, at pumunta kay Achish
sa Gat para hanapin ang kaniyang mga lingkod. Umalis
siya at kinuha ang kaniyang mga lingkod mula sa Gat. **41**
Nang sinabihan si Solomon na umalis si Semei mula sa
Jerusalem papuntang Gat at bumalik, **42** nagsugo ang hari
at pinatawag si Semei at sinabi sa kaniyang, “Hindi ba kita
pinanumpa kay Yahweh, at nagpatotoo sa iyo, sinasabi ko,
'Dapat mong malaman na sa araw na aalis ka at pupunta sa
ibang lugar, tiyak na mamamatay ka?' Pagkatapos ay sinabi
mo sa akin, 'Ang sinabi mo ay mabuti.' **43** Kaya bakit hindi
mo iningatan ang iyong panunumpa kay Yahweh, at ang
utos na binigay ko sa iyo?” **44** Sinabi rin ng hari kay Semei,
“Alam mo sa iyong puso ang lahat ng kasamaan na ginawa
mo sa aking ama na si David. Kaya ibabalik ni Yahweh
ang kasamaan mo sa iyong sarili. **45** Pero pagpapalain si
Haring Solomon, at matatatag ang trono ni David sa harap
ni Yahweh magpakailanman.” **46** Kaya inutusan ng hari si
Benaias na anak ni Joiada na umalis at patayin si Semei.
Kaya ang pamumuno ay matibay na naitatag sa kamay ni
Solomon.

**3** Kumampi si Solomon sa Paraon na hari ng Ehipto sa
pamamagitan ng pagpapakasal. Kinuha niya ang anak
na babae ng Paraon at dinala siya sa lungsod ni David
hanggang sa matapos niya ang pagtatayo ng kaniyang
sariling tahanan, ang tahanan ni Yahweh, at ang pader sa
paligid ng Jerusalem. **2** Nag-aalay ang mga tao sa mga
dambana, dahil wala pang tahanan ang naitayo para sa
pangalan ni Yahweh. **3** Minahal ni Solomon si Yahweh,
lumalakad sa mga alituntunin ni David na kaniyang ama,
maliban na nag-alay siya at nagsunog ng insenso sa mga
dambana. **4** Pumunta ang hari sa Gibeon para mag-alay
doon, dahil iyon ang malaking dambana. Naghandog si
Solomon ng isang libong susunuging handog sa altar na
iyon. **5** Nagpakita si Yahweh sa Gibeon kay Solomon
sa isang panaginip isang gabi; sinabi niya, “Humiling ka!
Ano ang ibibigay ko sa iyo?” **6** Kaya sinabi ni Solomon,
“Nagpakita ka ng dakilang katapatan sa tipan sa iyong
lingkod, si David, aking ama, dahil lumakad siya sa harap
mo nang may pagtitiwala, katuwiran, at kabutihan ng puso.
Iningatan mo ang dakilang katapatan sa tipan na ito para sa
kaniya at binigyan mo siya ng anak na lalaki para maupo sa
trono niya ngayon. **7** At ngayon, Yahweh na aking Diyos,
ginawa mong hari ang iyong lingkod kapalit ni David na
aking ama, kahit na isa lamang akong bata. Hindi ko alam
kung paano lumabas o pumasok. **8** Ang iyong lingkod ay
nasa kalagitnaan ng mga taong pinili mo, dakilang bayan,
masyadong marami para itala o bilangin. **9** Kaya bigyan mo
ang iyong lingkod ng maunawaing puso para hatulan ang
iyong bayan, para malaman ko ang mabuti at masama. Dahil
sino ang may kakayahang hatulan ang dakilang bansa mo
na ito?” **10** Ang kahilingan na ito ni Solomon ay ikinalugod ng
Panginoon. **11** Kaya sinabi sa kaniya ng Diyos, “Dahil hiniling
mo ang bagay na ito at hindi ka humiling para sa sarili mo ng
mahabang buhay o kayamanan o ang buhay ng iyong mga
kalaban, pero humiling ka para sa sarili mo ng kaunawaan
para malaman ang katarungan. **12** Tingnan mo, ngayon
gagawin ko ang lahat ng hiniling mo sa akin. Bibigyan kita
ng may karunungan at maunawaing puso, sa gayon wala ng
katulad mo na nauna sa iyo, at walang katulad mo ang mas
hihigit na susunod sa iyo. **13** Binigay ko rin sa iyo ang hindi
mo hiniling, ang parehong kayamanan at karangalan, para
walang magiging katulad mo sa mga hari sa lahat ng iyong
mga araw. **14** Kung lalakad ka sa aking mga paraan para
sundin ang aking mga alituntunin at utos, tulad ng paglakad
ng iyong ama na si David, pahahabain ko ang iyong mga
araw.” **15** Pagkatapos ay nagising si Solomon, masdan ito,
isa iyong panaginip. Pumunta siya sa Jerusalem at tumayo
sa harap ng kaban ng tipan ng Panginoon. Nag-alay siya ng
mga handog na susunugin at handog para sa kapayapaan,
at nagdaos ng isang handaan para sa lahat ng kaniyang mga
lingkod. **16** May dalawang bayarang babae ang pumunta sa
hari at tumayo sa harap niya. **17** Sinabi ng isang babae, “O,
aking panginoon, ako at ang babaeng ito ay naninirahan
sa iisang bahay, at nanganak ako kasama siya sa bahay
na iyon. **18** Nangyari na sa ikatlong araw matapos kong
manganak ay nanganak din ang babaeng ito. Magkasama
kami. Wala na kaming kasama sa bahay, pero kami lamang
dalawa ang nasa bahay. **19** Isang gabi ay namatay ang
kaniyang anak na lalaki, dahil nahigaan niya ito. **20** Kaya
tumayo siya nang hatinggabi at kinuha ang aking anak na
lalaki sa tabi ko, habang natutulog ang iyong lingkod, at
inihiga siya sa kaniyang dibdib, at inihiga ang kaniyang patay
na anak sa aking dibdib. **21** Nang tumayo ako kinaumagahan
para pasusuin ang aking anak, patay na siya. Pero nang
tinignan ko siya nang mabuti kinaumagahan, hindi siya ang
aking anak, na ipinanganak ko.” **22** Pagkatapos ay sinabi ng
isa pang babae, “Hindi, ang nabubuhay ang aking anak,
at ang patay ay ang iyong anak.” Sinabi ng unang babae,
“Hindi, ang patay ay ang iyong anak, at ang nabubuhay ay
ang aking anak.” Ganito sila nag-usap sa harap ng hari. **23**
Pagkatapos ay sinabi ng hari, “Ang isa sa inyo ay sinasabi,
'Ito ang aking anak na nabubuhay, at ang iyong anak ay
patay na,' at sinasabi ng isa pa, 'Hindi, ang anak mo ay ang
patay na, at ang anak ko ay ang nabubuhay pa.'” **24** Sinabi
ng hari, “Magdala kayo sa akin ng espada.” Kaya nagdala
sila ng espada sa hari. **25** Pagkatapos ay sinabi ng hari,
“Hatiin ninyo ng dalawa ang nabubuhay na bata, at ibigay
ang kalahati sa babaeng ito, at ang kalahati sa isa pa.” **26** At

ang babae na ang anak ay buhay pa ay nagsalita sa hari,
dahil ang kaniyang puso ay puno ng pagmamahal para sa
kaniyang anak, "O, aking panginoon, ibigay mo na lang sa
kaniya ang nabubuhay na bata, at huwag mo siyang patayin
sa anumang paraan." Pero sinabi ng isa pang babae, "Hindi
siya mapupunta sa akin o sa iyo. Hatiin ninyo siya." **27**
Pagkatapos ay sumagot ang hari at sinabi, "Ibigay niyo
sa unang babae ang nabubuhay na bata, at huwag ninyo
siyang patayin sa anumang paraan. Siya ang kaniyang ina."
**28** Nang narinig ng buong Israel ang paghahatol na ginawa
ng hari, natakot sila sa hari, dahil nakita nila ang karunungan
ng Diyos ay nasa kaniya sa pagbibigay ng hatol.

**4** Si Haring Solomon ay hari sa buong Israel. **2** Ito ang
kaniyang mga opisyal: si Azarias, anak ni Zadok, ay ang
pari. **3** Sina Elihoref at Ahias, mga anak ni Sisa, ay mga
kalihim. Si Jehoshafat, anak ni Ahilud, ay ang tagapagtala. **4**
Si Benaias, anak ni Joiada, ay pinakamataas na pinuno ng
hukbo. Sina Zadok at Abiatar ay mga pari. **5** Si Azarias,
anak ni Natan, ay tagapamahala ng mga pinuno. Si Zabud,
anak ni Natan, ay isang pari at kaibigan ng hari. **6** Si Ahisar
ay aang namamahala sa sambahayan. Si Adoniram, anak
ni Abda, ay namamahala ng mga kalalakihan na sakop sa
sapilitang paggawa. **7** May labingdalawang mga pinuno
si Solomon sa buong Israel, na nagbibigay ng pagkain
para sa hari at sa kaniyang sambahayan. Bawat lalaki ay
kailangang maglaan para sa isang buwan sa loob ng isang
taon. **8** Ito ang kanilang mga pangalan: Si Benhur, para
sa kaburolang bansa ng Ephraim; **9** Si Bendequer para
sa Macaz, Saalbim, Beth-semes, at sa Elon-behanan, **10**
si Ben-hessed, para sa Arubot (sa kaniyang pag-aari ang
Socoh at ang buong lupain ng Hefer) **11** Si Ben-abinadab,
para sa lahat ng distrito ng Dor (asawa niya si Tafath, ang
anak na babae ni Solomon); **12** Si Baana, anak ni Ahilud,
para sa Taanac at Megido, at ang buong Beth-sean na nasa
tabi ng Zaretan sa ibaba ng Jezreel, mula sa Beth-sean
hanggang sa Abel-mehola kasing layo ng kabilang bahagi
ng Jokmeam; **13** Si Ben-geber ang sa Ramot-Gilead. (sa
kaniyang pag-aari ang mga bayan ni Jair, anak ni Manases,
na nasa Galaad, at ang rehiyon ng Argob ay pag-aari niya,
na nasa Bashan, animnapung malalaking mga lungsod na
may mga pader at mga tansong rehas na tarangkahan);
**14** Si Ahinadab na anak ni Iddo para sa Mahanaim; **15** Si
Ahimaaz, para sa Neftali (pinakasalan niya rin si Basemat
na anak na babae ni Solomon); **16** Si Baana na anak ni
Husai, para sa Asher at Alot, at **17** si Jehoshafat na anak
ni Parua, para sa Isacar; **18** Si Simei, anak ni Ela, para
sa Benjamin; **19** at si Geber, anak ni Uri, para sa lupain
ng Galaad, ang bayan ni Sihon, hari ng mga Amoreo at ni
Og, hari ng Bashan, at siya lamang ang opisyal na nasa
lupain. **20** Kasing dami ng buhangin sa tabing-dagat ang
Juda at Israel. Sila ay kumakain at umiinum at masasaya.
**21** Naghari si Solomon sa buong kaharian mula sa Ilog
hanggang sa lupain ng mga Filisteo at sa hangganan ng
Ehipto. Nagdala sila ng parangal at naglingkod kay Solomon
sa buong buhay niya. **22** Ang pangangailangan ni Solomon
para sa isang araw ay tatlumpung kor ng pinong harina
at animnapung kor ng pagkain, **23** sampung matatabang
baka, dalawampung baka galing sa pastulan, at isang daang
tupa, bukod pa sa usa, mga gasel, mga usang lalaki at mga
pinatabang ibon. **24** Dahil siya ang may kapangyarihan sa
buong rehiyon sa bahagi ng Ilog, mula sa Tifsa hanggang sa
Gaza, sa lahat ng mga hari dito sa bahagi ng Ilog, at siya
ay may kapayapaan sa lahat ng panig ng nakapaligid sa
kanya. **25** Ang Juda at Israel ay namuhay sa kaligtasan,
bawat lalaki nasa ilalim ng kaniyang puno ng ubas at ilalim
ng kaniyang punong igos, mula sa Dan hanggang sa Beer-
seba, sa buong buhay ni Solomon. **26** Si Solomon ay may
apatnapung libong kuwadra ng kabayo para sa kanyang
mga karwahe, at labingdalawang libong mangangabayo. **27**
Ang mga opisyal na iyon ay nagbigay ng pagkain para kay
Haring Solomon at para sa lahat ng pumunta sa hapag-
kainan ni Haring Solomon, bawat lalaki sa kanyang buwan.
Hindi nila hinahayaang magkaroon ng pagkukulang. **28** Sila
rin ay nagdala sa tamang lugar ng senada at dayami para
sa mga kabayong pangkarwahe at sinasakyan, bawat isa
nagdadala kung ano ang kaniyang nakayanan. **29** Binigyan
ng Diyos si Solomon ng kahanga-hangang karunungan
at pag-unawa, at malawak na pag-unawa gaya ng mga
buhangin sa dalampasigan. **30** Ang karunungan ni Solomon
ay higit pa sa karunungan ng lahat ng bayan ng silangan
at sa lahat ng karunungan ng Ehipto. **31** Mas matalino
pa siya kaysa sinumang tao-kaysa kay Etan na Ezrahita,
Heman, Calcol, at Darda, mga anak na lalaki ni Machol-at
ang kaniyang katanyagan ay umabot sa lahat ng nakapaligid
na mga bansa. **32** Siya ay nagsasalita ng tatlong libong
kawikaan, at ang kaniyang mga awit ay isang libo't lima ang
bilang. **33** Isinalarawan niya ang mga halaman, mula sa
sedar na nasa Lebanon hanggang sa hisopong tumutubo sa
pader. Pinaliwanag niya rin ang tungkol sa mga hayop, mga
ibon, mga bagay na gumagapang, at isda. **34** Dumating ang
mga taong galing sa lahat ng mga bansa para pakinggan
ang karunungan ni Solomon, pinadala mula sa mga hari ng
daigdig na nakarinig ng kaniyang karunungan.

**5** Ipinadala ni Hiram, hari ng Tiro, ang kaniyang mga lingkod
kay Solomon, dahil narinig niya na siya ay hinirang
na hari kapalit ng kaniyang ama; dahil sa noon pa man
ay mahal na ni Hiram si David. **2** Nagpadala ng salita si
Solomon kay Hiram, nagsasabing, **3** "Alam mo na ang

aking amang si David ay hindi maaring magtayo ng isang
templo sa pangalan ni Yahweh ang kaniyang Diyos dahil sa
mga digmaan na pumaligid sa kaniya, dahil sa kaniyang
buong buhay inilalagay ni Yahweh sa ilalim ng kaniyang
talampakan ang kaniyang mga kaaway. **4** Pero ngayon, si
Yahweh na aking Diyos ay nagbigay sa akin ng kapahingan
sa lahat ng dako. Walang sinumang kalaban ni anumang
sakuna. **5** Kaya binabalak kong magtayo ng isang templo
para sa pangalan ni Yahweh na aking Diyos, gaya ng sinabi
ni Yahweh kay David na aking ama, nagsasabing, 'Ang
iyong anak, na siyang ilululuklok ko sa iyong trono kapalit
mo, ang magtatayo ng templo para sa aking pangalan.' **6**
Kaya ngayon utusan mo sila na magputol ng mga sedar
mula sa Lebanon para sa akin. At ang aking mga lingkod ay
tutulong sa iyong mga lingkod, at babayaran kita para sa
iyong mga lingkod sa gayon bayad ka ng patas sa lahat
ng bagay na sinang-ayunan mong gawin. Dahil alam mo
na walang sinuman sa amin ang nakakaalam kung paano
magputol ng troso gaya ng mga taga-Sidon." **7** Nang marinig
ni Hiram ang mga salita ni Solomon, siya ay nagalak ng labis
at nagsabi, "Nawa mapapurihan si Yahweh sa araw na ito,
na siyang nagbigay kay David ng isang matalinong anak na
mamamahala sa kaniyang dakilang bayan" **8** Nagpadala ng
salita si Hiram kay Solomon na nagsasab, "Narinig ko ang
mensahe na ipinadala mo sa akin. Gagawin ko ang lahat
ng nais mo patungkol sa mga troso ng sedar at saypres.
**9** Ibababa ng aking mga lingkod ang mga puno buhat sa
Lebanon hanggang sa dagat, at gagawin kong balsa ang
mga ito para makarating sa pamamagitan ng dagat sa lugar
na iniatas mo sa akin. Ang mga ito ay paghihiwa-hiwalayin
doon at ito ay inyong mahahakot. Matutupad mo ang aking
hangarin sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain para sa
aking sambahayan." **10** Kaya ibinigay ni Hiram kay Solomon
ang lahat ng troso ng sedar at pir na gusto niya. **11** Binigyan
ni Solomon si Hiram ng dalawampung libong takal ng trigo
para sa pagkain ng kaniyang sambahayan at dalawampung
galon ng purong langis. Ibinigay ito ni Solomon kay Hiram
taon-taon. **12** Binigyan ni Yahweh si Solomon ng katalinuhan,
gaya ng kaniyang ipinangako sa kaniya. May kapayapaan sa
pagitan nila Hiram at Solomon, at silang dalawa ay gumawa
ng isang tipan. **13** Sapilitang pinagtrabaho ni Haring Solomon
ang buong Israel; ang bilang ng sapilitang mga manggagawa
ay tatlumpong libong kalalakihan. **14** Sila ay pinadala niya
sa Lebanon, sampung libo isang buwan ng halinhinan.
Isang buwan sila nasa Lebanon at dalawang buwan sa
kanilang tahanan. Si Adoniram ang namahala sa mga pinilit
na manggagawa. **15** Si Solomon ay may pitumpung libong
taga-buhat ng mga mabibigat at walumpong libong taga-
tibag ng mga bato sa mga bundok, **16** bukod sa mga 3,
300 na punong opisyal na namamahala sa mga gawain at
nangangasiwa sa mga manggagawa. **17** Sa utos ng hari
sila ay nagtibag ng malalaking mga bato na mataas ang
kalidad para sa paglatag ng pundasyon ng templo. **18** Kaya
ang mga tagapagpatayo nila Solomon at Hiram at ang mga
Gibalita ang gumawa ng pagpuputol at naghanda ng troso at
ng mga bato para sa pagpapatayo ng templo.

**6** Kaya inumpisahan itayo ni Solomon ang templo ni
Yahweh. Ito ay nangyari sa ika-480 taon pagkatapos
lumabas ng lupain ng Ehipto ang bayan ng Israel, sa ika-
apat na taon ng paghahari ni Solomon sa buong Israel, sa
buwan ng Ziv, na ikalawang buwan. **2** Ang templo na itinayo
ni Haring Solomon para kay Yahweh ay may animnapung
kubit na haba, dalawampung kubit na lawak, at tatlumpong
kubit na taas. **3** Ang portiko sa harapan ng pangunahing
bulwagan ng templo ay dalawampung kubit ang haba, kasing
lapad ng templo, at sampung kubit na lalim sa harapan ng
templo. **4** Para sa bahay gumawa siya ng bintana na may
balangkas na mas makitid sa labas kaysa sa loob. **5** Sa
gilid ng mga pader ng pangunahing silid siya ay nagtayo ng
mga silid sa paligid nito, sa paligid ng parehong panlabas na
silid at panloob na silid. Siya ay nagtayo ng mga silid sa
paligid ng lahat ng panig. **6** Ang pinakamababang palapag
ay limang kubit ang lawak, ang gitna ay anim na kubit ang
lawak, at ang ikatlo ay pitong kubit ang lawak. Para sa labas
gumawa siya ng ungos sa mga pader ng templo sa lahat
ng paligid para ang mga biga ay hindi maaring maisingit
sa mga pader ng templo. **7** Ang templo ay itinayo ng mga
batong inihanda sa tibagan; walang martilyo, palakol, o
anumang kagamitan gawa sa bakal ang narinig sa templo
habang ito ay itinatayo. **8** Sa timog na bahagi ng templo
ay may pasukan sa ibabang palapag, at maaaring aakyat
sa hagdan patungo sa gitnang palapag, at mula sa gitna
patungo sa ikatlong palapag. **9** Kaya itinayo ni Solomon
ang templo at tinapos ito; binubungan niya ang templo sa
pamamagitan ng mga biga at mga makakapal na tablang
sedar. **10** Itinayo niya ang mga silid sa gilid salungat sa
panloob na mga silid ng templo, bawat panig ay limang
kubit ang taas, ito ay nakakabit sa templo sa pamamagitan
ng bigang sedar. **11** Ang salita ni Yahweh ay nakarating
kay Solomon, nagsasabi " **12** Tungkol dito sa templo na
iyong itinatayo, kung ikaw ay lalakad ayon sa aking mga
alituntunin at gagawa ng katarungan, pananatilihin ang lahat
ng aking kautusan at sumunod sa mga ito, pagtitibayin ko
ang aking pangako sa iyo na aking ginawa kay David na
iyong ama. **13** Ako ay mananahan sa bayan ng Israel at hindi
ko sila tatalikdan. **14** Kaya itinayo ni Solomon ang templo at
tinapos ito. **15** Pagkatapos itinayo niya ang mga panloob na
pader ng templo sa pamamagitan ng mga tablang sedar.

Mula sa sahig ng templo hanggang sa kisame, tinakpan
niya ang mga ito sa loob sa pamamagitan ng kahoy, at
tinakpan niya ang sahig ng templo sa pamamagitan ng mga
tablang saypres. 16 Nagtayo siya ng dalawampung kubit sa
likuran ng templo sa pamamagitan ng tablang sedar mula
sa sahig hanggang sa kisame. Itinayo niya ang silid na ito
para maging panloob na silid, ang kabanal-banalang lugar.
17 Ang pangunahing bulwagan, na banal na lugar na nasa
harap ng kabanal-banalang lugar, ay apatnapung kubit ang
haba. 18 May sedar sa loob ng templo, inukit sa hugis ng
mga gurd at mga nakabukang bulaklak. Lahat ay sedar sa
loob. Walang makikitang gawa sa bato doon. 19 Ihihanda ni
Solomon ang panloob na silid sa loob ng templo para ilagay
doon ang arko ng tipan ni Yahweh. 20 Ang panloob na silid
ay dalawampung kubit ang haba, dalawampung kubit ang
lapad, at dalawampung kubit ang taas; nilatagan ni Solomon
ang mga pader ng purong ginto at tinakpan ang altar ng
sedar na kahoy. 21 Nilatagan ni Solomon ang loob ng templo
ng purong ginto. At nilagyan niya ng tanikalang ginto ang
kabilang panig na harap ng panloob na silid, at nilatagan
niya ng ginto ang harapan. 22 Nilatagan niya ang buong
panloob ng ginto hanggang ang lahat ng templo ay matapos.
Nilatagan niya rin ng ginto ang buong altar na nabibilang
sa panloob na silid. 23 Gumawa si Solomon ng dalawang
kerubin na kahoy mula sa puno ng olibo, ang bawat isa ay
sampung kubit ang taas. 24 Ang isang pakpak ng unang
kerubin ay limang kubit ang haba at ang isa pang pakpak nito
ay limang kubit din ang haba. Kaya mula sa dulo ng isang
pakpak hanggang sa kabilang dulo ng ikalawang pakpak
ay mayroong sampung kubit ang agwat. 25 Ang lapad ng
pakpak ng isang kerubin ay mayroon din sampung kubit.
Kapwa kerubin ay mayroon parehong sukat at hugis. 26 Ang
taas ng isang kerubin ay sampung kubit at ganoon din ang
isa pang kerubin. 27 Inilagay ni Solomon ang mga kerubin
sa pinakaloob na silid. Ang mga pakpak ng mga kerubin ay
iniunat para ang pakpak ng isa ay madikit sa isang pader,
at ang pakpak ng isa pang kerubin ay madikit sa isa pang
pader. Ang kanilang mga pakpak ay nakadikit sa isa't isa sa
gitna ng kabanal-banalang lugar. 28 Nilatagan ni Solomon
ang mga kerubin ng ginto. 29 Inukitan niya ang lahat ng
pader sa paligid ng templo ng mga hugis ng kerubin, mga
puno ng palma, at mga nakabukang bulaklak, sa panlabas at
panloob na mga silid. 30 Nilatagan ni Solomon ng ginto ang
sahig ng templo, sa panlabas at panloob na mga silid. 31 Si
Solomon ay nagpaggawa ng mga pintong gawa sa punong
olibo para sa pasukan papunta sa panloob na silid. Ang
hamba at mga poste ng pinto ay mayroon limang bahagi na
may mga puwang. 32 Kaya nagpagawa siya ng dalawang
pinto na gawa sa puno ng olibo, at gumawa siya sa mga
ito ng mga ukit ng kerubin, mga puno ng palma, at mga
nakabukang bulaklak. Binalutan niya ang mga ito ng ginto, at
kanyang ikinalat ang mga ginto sa kerubin at mga puno ng
palma. 33 Sa ganitong paraan, gumawa rin si Solomon para
sa pasukan ng templo ng poste ng pinto na gawa sa puno
ng olibo na mayroong apat na bahagi na may mga puwang
34 at dalawang pinto gawa sa kahoy ng puno ng saypres.
Ang dalawang panel ng isang pinto ay natitiklop, at ang
dalawang panel ng isa pang pinto ay natitiklop. 35 Inukitan
niya ang mga ito ng mga kerubin, mga puno ng palma, at
mga nakabukang bulaklak, at pantay niyang nilatagan ng
ginto ang inukit na ginawa. 36 Itinayo niya ang panloob na
patyo ng may tatlong hanay ng mga tabas na bato at isang
hanay ng mga bigang sedar 37 Ang pundasyon ng templo ni
Yahweh ay inilatag sa ika-apat na taon, sa buwan ng Ziv. 38
Sa ika-labing-isang taon, sa buwan ng Bul, na ika-walong
buwan, ang templo ay natapos sa lahat ng mga bahagi nito
at umayon sa lahat ng mga detalye nito. Inabot ng pitong
taon si Solomon para maitayo ang templo.

**7** Inabot ng labing tatlong taon si Solomon para
makapagtayo ng sarili niyang palasyo. 2 Itinayo niya
ang Palasyo sa Kagubatan ng Lebanon. Ang haba nito ay
isang daang kubit, ang lapad nito ay limampung kubit, at
ang taas nito ay tatlumpung kubit. Ang palasyo ay itinayo
nang may apat na hanay ng haliging sedar na may bigang
sedar sa ibabaw ng mga poste. 3 Ang bubong ay gawa
sa sedar; ito ay binubungan ng higit sa apatnapu't limang
biga na nasa mga poste, labing lima sa isang hanay. 4
Doon ay may biga sa tatlong hanay, at bawat bintana ay
katapat ng isa pang bintana sa tatlong pangkat. 5 Lahat
ng mga pinto at mga poste ay ginawang mga parisukat
na may biga, at ang bintana ay may katapat na bintana
sa tatlong pangkat. 6 Doon ay may isang bulwagan na
limampung kubit ang haba at tatlumpung kubit ang lapad, na
may isang portiko sa harap at mga poste at isang bubong. 7
Itinayo ni Solomon ang bulwagan ng trono kung saan siya
maghuhukom, ang bulwagan ng katarungan. Ang bawat
palapag ay nababalutan ng sedar. 8 Ang tahanan ni Solomon
kung saan siya maninirahan, sa ibang patyo sa loob ng
palasyo, ay katulad din ang disenyo. Siya rin ay nagtayo
ng tahanang tulad nito para sa anak na babae ng Paraon,
na kaniyang ginawang asawa. 9 Ang mga gusaling ito ay
pinalamutian ng mamahalin na batong natagpas, sinukat
nang maagi at hinati ng lagari at pinakinis sa lahat ng
panig. Ang mga batong ito ay ginamit mula sa pundasyon
hanggang sa mga bato sa itaas at sa labas din ng malaking
patyo. 10 Ang pundasyon ay itinayo gamit ang napakalaki,
mamahaling bato na walo at sampung kubit ang haba. 11
Nasa itaas ang mamahaling mga batong natagpas nang

wasto sa sukat, at mga bigang sedar. **12** Ang malaking patyo
na nasa paligid ng palasyo ay may tatlong hanay ng tinagpas
na bato at isang hanay ng bigang sedar tulad sa loob ng
templo ni Yahweh at ng portiko ng templo. **13** Pinasundo ni
Haring Solomon si Hiram at dinala siya mula sa Tiro. **14** Si
Hiram ay anak na lalaki ng isang balo ng tribo ng Nephtali;
ang kaniyang ama ay lalaking taga-Tiro, isang mahusay na
manggagawa ng tanso. Si Hiram ay puno ng karunungan
at kaalaman at kahusayan sa malaking gawain gamit ang
tanso. Pumunta siya kay Haring Solomon para gumawa
ng lahat ng kagamitan na yari sa tanso para sa hari. **15**
Hinugis ni Hiram ang dalawang poste ng tanso, bawat isa ay
labing walong kubit ang taas at labing dalawang kubit ang
palibot. **16** Siya ay gumawa ng dalawang kapitel ng makintab
na tanso para ilagay sa taas ng poste. Ang taas ng bawat
kapitel ay limang siko. **17** May mga mahahaba't makitid na
mga metal na nilmabat at mga tinirintas na mga tanikala para
sa mga kapitel na ginawang mga palamuti sa taas ng mga
haligi, pito sa bawat kapitel. **18** Kaya si Hiram ay gumawa ng
dalawang hanay ng mga granada sa paligid ng bawat poste
para palamutian ang kanilang mga kapitel. **19** Ang mga
kapitel sa itaas ng poste ng portiko ay may palamuti ng mga
liryo, apat na kubit ang taas. **20** Kasama din ang kapitel sa
dalawang haligi, malapit sa kanilang tuktok, ay nakapalibot
ang dalawang daang nakahanay na granada. **21** Kaniyang
itinayo ang mga poste sa portiko ng templo. Ang poste sa
kanan ay pinangalanang Jakin, at ang poste sa kaliwa ay
Boaz. **22** Sa itaas ng mga haligi ay mga palamuti tulad ng
mga liryo. Ang paghuhugis ng mga haligi ay natapos sa
ganitong paraan. **23** Naghulma ng pabilog na dagat na bakal
si Hiram, sampung kubit mula sa labi't labi. Ang taas nito ay
limang kubit, at ang dagat ay tatlumpung kubit ang palibot
na sukat. **24** Sa ilalim ng labi ay nakapalibot sa dagat ay
bunga ng halamang gumagapang, sampu sa bawat kubit,
hinulma lahat kasabay ng hinulmang dagat. **25** Ang dagat ay
nakapatong sa labing dalawang hinulmang baka, tatlong
nakaharap sa hilaga, tatlong nakaharap sa kanluran, tatlong
nakaharap sa timog, at tatlong nakaharap sa silangan. Ang
dagat ay nakapatong sa kanila, at ang lahat ng kanilang
puwitan ay nakapwesto sa bandang loob. **26** Ang dagat ay
kasing kapal ng isang kamay, at ang labi nito ay hinulma
tulad ng labi ng isang tasa, tulad ng isang bulaklak na liryo.
Ang dagat ay naglalaman ng dalawang libong bat na tubig.
**27** Gumawa si Hiram ng sampung patungan na tanso. Bawat
isang patungan ay apat na kubit ang haba at apat na kubit
ang lapad, at tatlong kubit ang taas. **28** Ang pagkakagawa
ng patungan ay tulad nito. Mayroon silang mga mahahabang
tabla na nakatayo sa pagitan ng mga balangkas, **29** at sa
mga tabla at mga balangkas ay mga leon, mga baka, at mga
kerubin. Sa itaas at sa ibaba ng mga leon at mga baka ay
mga koronang pinanday. **30** Ang bawat patungan ay may
apat na tansong gulong at ehe, at ang apat na sulok nito ay
may suporta sa ilalim para sa kawa. Ang mga suporta ay
hinulma sa korona sa gilid ng bawat isa. **31** Ang bukana
ay bilog tulad ng isang patungan, isang kubit at kalahating
lawak, at nasa loob ng korona na nakaangat ang isang
kubit. Sa bukana ay mga inukit na bagay, at ang kanilang
mga tabla ay parisukat, hindi bilog. **32** Ang apat na gulong
ay nakapailalam sa mga tabla, at ang mga ehe ng mga
gulong at ang kanilang mga bahay ay nasa patungan. Ang
taas ng isang gulong ay isa't kalahating kubit. **33** Ang mga
gulong ay pinanday tulad ng mga gulong ng mga karwaheng
pandigma. Ang kanilang bahay, mga gilid, mga rayos ng
gulong at boha ay hinulmang bakal. **34** Mayroong apat na
hawakan sa apat na sulok ng bawat tuntungan, ipinanday
mismo sa tuntungan. **35** Sa itaas ng mga tuntungan ay may
isang nakapalibot na tali na kalahating kubit ang lalim, at
sa itaas ng tuntungan ang mga suporta nito at ang mga
mahabang tabla nito ay nakakabit. **36** Sa ibabaw ng mga
suporta at sa mga tabla si Hiram ay umukit ng mga kerubin,
mga leon, at mga puno ng palma na nagtakip ng puwang, at
sila ay napapalibutan ng mga korona. **37** Ginawa niya ang
sampung patungan sa ganitong paraan. Ang lahat ng iyon
ay hinulma sa iisang hulmahan, at mayroon silang isang
sukat, at kaparehang hugis. **38** Si Hiram ay gumawa ng
sampung hugasang tanso. Ang isang hugasan ay kayang
humawak ng apatnapung bat na tubig. Bawat hugasan ay
apat na mga kubit ang lapad, at mayroong isang hugasan
sa bawat sampung mga patungan. **39** Gumawa siya ng
limang mga patungan na nakaharap sa bahaging timog ng
templo at lima sa hilagang bahagi ng templo. Nilagay niya
ang dagat sa silangang sulok, nakaharap sa bahaging timog
ng templo. **40** Ginawa ni Hiram ang mga hugasan at ang
mga pala at patubigang mangkok. Pagkatapos kaniyang
natapos ang lahat ng kaniyang ginawa para kay Haring
Solomon sa templo ni Yahweh: **41** ang dalawang poste,
at ang tulad-mangkok na mga kapitel na nasa itaas ng
dalawang poste, at ang dalawang pangkat ng palamuting
lambat para takpan ang dalawang tulad mangkok na mga
kapitel na nasa itaas ng mga poste. **42** Ginawa niya ang
apat na daang granada para sa dalawang pangkat ng
palamuting nilambat: dalawang hanay ng granada para sa
bawat pangkat ng palamuting nilambat para takpan ang
dalawang tulad mangkok ng mga kapitel na nasa mga poste,
**43** at ang sampung mga patungan, at ang sampung hugasan
sa mga patungan. **44** Ginawa niya ang dagat at ang labing
dalawang mga bakang nasa ilalim nito; **45** gayun din ang
mga kaldero, mga pala, mga kawa, at lahat ng iba pang

kasangkapan — ang mga ito ay ginawa ni Hiram mula
sa makintab na tanso, para kay Haring Solomon, para sa
templo ni Yahweh. **46** Pinahulma ito ng Hari sa kapatagan ng
Jordan, sa isang maputik na lupain sa pagitan ng Succoth at
Sarthan. **47** Hindi tinimbang ni Solomon ang lahat ng mga
kasangkapan dahil masyadong marami para timbangin, kaya
ang timbang ng tanso ay hindi malalaman. **48** Pinagawa ni
Solomon ang lahat ng kasangkapan na nasa loob ng templo
ni Yahweh mula sa ginto: ang gintong dambana at ang
lamesa kung saan ilalagay ang tinapay na handog. **49** Ang
patungan ng ilaw, lima sa kanan at lima sa kaliwa, sa harap
ng panloob na silid ay gawa sa purong ginto, at ang mga
bulaklak, ang mga ilawan, at ang mga pang-ipit ay ginto. **50**
Ang mga saro, ang panggupit ng ilawan, mga mangkok,
mga kutsara, at mga pansindi ng insenso ay nilikha mula
sa purong ginto. Gayundin ang mga bisagra ng pinto ng
panloob na silid, na siyang kabanal-banalang lugar, at ang
mga pintuan ng pangunahing bulwagan ng templo ay gawa
din sa ginto. **51** Sa ganitong paraan, ang lahat ng gawain ni
Haring Solomon sa tahanan ni Yahweh ay tapos na. Kaya
ipinasok ni Solomon ang mga bagay na inihandog ni David,
na kaniyang ama, kay Yahweh, at ang pilak, ang ginto, at
ang mga kasangkapan, at nilagay ito sa bodega sa tahanan
ni Yahweh.

**8** Pagkatapos ay tinipon ni Solomon ang mga nakatatanda
ng Israel, ang lahat ng pinuno ng mga tribo, at mga
pinuno ng mga pamilya ng bansang Israel, sa harap ng
kaniyang sarili sa Jerusalem, upang dalhin ang arko ng
tipan ni Yahweh mula sa lungsod ni David, na ang, Zion. **2**
Ang lahat ng kalalakihan ng Israel ay nagtipon sa harapan
ni Haring Solomon sa pista, sa buwan ng Etanim, ng ika-
pitong buwan. **3** Ang lahat ng nakatatanda ng Israel ay
dumating, at ang mga pari ang kumuha ng arko. **4** Dinala
nila ang arko ni Yahweh, ang tolda ng pagpupulong, at
lahat ng banal na kagamitan na nasa loob ng tolda. Ang
mga pari at mga Levita ang dinala ang mga bagay na ito.
**5** Si Haring Solomon at lahat ng kapulungan ng Israel ay
magkakasamang dumating sa harap ng arko, naghahandog
ng tupa at mga baka na hindi mabilang. **6** Dinala ng mga
pari ang arko ng tipan ni Yahweh sa lugar nito, hanggang sa
pinakaloob na silid ng tahanan, sa kabanal-banalang lugar,
sa ilalim ng mga pakpak ng kerubin. **7** Sapagkat inunat
ng kerubin ang kanilang mga pakpak sa lugar ng arko, at
tinakpan nila ang arko at ang poste na pambuhat nito. **8** Ang
mga poste ay sobrang haba na ang kanilang dulo ay nakita
mula sa kabanal-banalang lugar sa harap ng pinakaloob na
silid, pero hindi ito makikita mula sa labas. Sila ay nandoon
hanggang sa araw na ito. **9** Ang arko ay walang laman
maliban sa dalawang tapyas na bato na nilagay ni Moises
dito sa Horeb, nang gumawa si Yahweh ng tipan sa mga
Israelita noong makalabas sila sa lupain ng Ehipto. **10** Ito
ang nangyari nang ang mga pari ay lumabas mula sa banal
na lugar, napuno ng ulap ang templo ni Yahweh. **11** Hindi
na kayang manatili ng mga pari para maglingkod dahil sa
ulap, sapagkat ang kaluwalhatian ni Yahweh ang nagpuno
sa kaniyang tahanan. **12** Pagkatapos ay sinabi ni Solomon,
"sinabi ni Yahweh na siya ay mamumuhay sa makapal na
kadiliman, **13** pero ako ay nagtayo ng matayog na tirahan,
isang lugar para ikaw ay manirahan magpakailanman." **14**
Pagkatapos humarap ang hari at pinagpala ang kapulungan
ng Israel, habang ang kapulungan ng Israel ay nakatayo. **15**
Kaniyang sinabi, "Nawa si Yahweh, ang Diyos ng Israel,
ay mapapurihan, ang nangusap kay David, na aking ama,
at nakapagtupad nito gamit ang kaniyang sariling mga
kamay, na nagsabi, **16** 'Simula nung araw na inalis ko
ang aking bayan ng Israel mula sa Ehipto, ako ay walang
napiling lungsod mula sa lahat ng mga tribo ng Israel para
pagtayuan ng tahanan, para ang aking ngalan ay nandoon.
Ganunpaman, pinili ko si David na mamuno sa aking bayan
ng Israel.' **17** Ngayon nasa puso ng aking ama na si David
na magtayo ng tahanan para sa ngalan ni Yahweh, ang na
Diyos ng Israel. **18** Pero sinabi ni Yahweh kay David na
aking ama, 'ninais ng iyong puso ang gumawa ng tahanan
para sa aking pangalan, mabuti na ito ay nasa iyong puso.
**19** Gayon pa man hindi mo itatayo ang tahanan, sa halip,
ang iyong anak, ang ipapanganak mula sa iyong laman, ang
magtatayo ng bahay para sa aking pangalan.' **20** Tinupad
ni Yahweh ang salitang kaniyang sinabi, sapagkat ako ay
nagmula sa lugar ni David, na aking ama, at ako ay umupo
sa trono ng Israel, gaya ng pinangako ni Yahweh. Ako ay
nagtayo ng tahanan para sa ngalan ni Yahweh, na Diyos ng
Israel. **21** Naglaan ako ng isang lugar para sa arko doon,
na kung saan naroon ang tipan ni Yahweh, na kaniyang
pinangako sa ating mga ama nang kaniyang inilabas sila
mula sa Ehipto." **22** Tumayo si Solomon sa harap ng altar
ni Yahweh, sa harap ang kapulungan ng Israel, at nag-
unat ng kaniyang mga kamay sa kalangitan. **23** Kaniyang
sinabi, "Yahweh, na Diyos ng Israel, walang diyos ang gaya
mo sa itaas ng kalangitaan o sa kailaliman ng mundo, na
tumupad ng kaniyang katapatan sa tipan sa iyong mga
lingkod na naglalakad kasama mo ng kanilang buong puso;
**24** ikaw na tumupad sa iyong lingkod na si David, na aking
ama, ng mga pangako mo sa kaniya. Oo, nangusap ka
gamit ang iyong bibig at tinupad ito gamit ang iyong kamay,
tulad ng sa ngayon. **25** Kaya ngayon, Yahweh, Diyos ng
Israel, isagawa mo ang iyong ipinangako sa iyong lingkod
na si David, na aking ama, noong iyong sinabi, "Hindi ka
magkulang na magkaroon ng isang lalaki sa paningin ko

na uupo sa trono ng Israel, kung ang iyong kaapu-apuhan
ay maingat lamang na lalakad sa aking harapan, gaya ng
iyong paglakad sa aking harapan.' **26** Kaya ngayon, Diyos
ng Israel, pinapanalangin ko na ang ipinangako mo sa iyong
lingkod na si David, aking ama, ay magkatotoo. **27** Ngunit
ang Diyos ba ay talagang maninirahan sa mundo? Masdan
ito, ang buong sansinukob at kalangitan mismo ay hindi ka
kayang ilulan — paano pa kaya ang templo na aking tinayo!
**28** Gayon pa man, pakiusap ay ituring mo ang panalanging
ito ng iyong lingkod at ang kaniyang hiling, Yahweh aking
Diyos; makinig ka sa iyak at panalangin ng iyong lingkod
na nananalangin sa harapan mo ngayon. **29** Nawa ang
iyong mga mata ay nakatuon patungo sa templong ito sa
gabi at araw, sa lugar kung saan ay sinabi mo, 'ang Aking
pangalan at aking prisensya ay nandoon' — para marining
ang panalangin na ipagdarasal ng iyong lingkod sa lugar na
ito. **30** Kaya makinig ka sa hiling ng iyong lingkod at ng iyong
bayan ng Israel kapag nanalangin kami sa lugar na ito. Oo,
makinig ka mula sa lugar kung saan ka nakatira, mula sa
mga kalangitan; at kapag ika'y nakinig, ikaw ay magpatawad.
**31** Kung may taong nagkasala sa kaniyang kapit-bahay at
kailangang manumpa, at kung siya ay dumating at sumumpa
sa harap ng iyong dambana sa tahanang ito, **32** makinig ka
mula sa kalangitan at kumilos at hatulan ang iyong mga
lingkod, hatulan ang masasama, para ibalik ang kaniyang
asal sa sarili niyang ulo. At ipahayag na ang matuwid ay
walang kasalanan, para mabigyan siya ng karangalan para
sa kaniyang katuwiran. **33** Kapag ang iyong bayang Israel ay
natalo ng kaaway dahil sila ay nagkasala laban sa iyo, kapag
nanumbalik sila sa iyo pinapahayag ang iyong pangalan,
manalangin at humiling ng kapatawaran sa iyo sa templong
ito — **34** kung ganun ay pakiusap makinig ka mula sa
kalangitan at patawarin ang kasalanan ng iyong bayang
Israel; ibalik mo sila mula sa lupain na iyong binigay sa
kanilang mga ninuno. **35** Kapag tahimik ang kalangitan at
walang ulan dahil ang bayan ay nagkasala laban sa iyo
— kung sila ay nanalangin sa lugar na ito, ipahayag nila
ang iyong pangalan, at tumalikod sa kanilang kasalanan
kapag napahirapan mo sila — **36** makinig ka sa kalangitan
at patawarin ang kasalanan ng iyong mga lingkod at ng
iyong bayan ng Israel, kung iyong ituturo sa kanila ang
tamang bagay kung saan sila dapat lumakad. Magpadala ka
ng ulan sa iyong lupain, kung saan mo ibinigay sa iyong
bayan bilang pamana. **37** Ipagpalagay na mayroon taggutom
sa lupain, o ipagpalagay na mayroon sakit, pagkalanta o
pagkabulok, mga balang o mga uod; o ipalagay na ang
tarangkahan ng lungsod sa kanilang lupain ay sinugod ng
kaaway, o mayroong kahit anong salot o pagkakasakit — **38**
ipagpalagay na ang mga panalangin at mga kahilingang ay
gawin ng isang tao o ng iyong bayan na Israel — bawat isa
ay nalalaman ang salot sa kaniyang sariling puso habang
inuunat niya ang kaniyang mga kamay sa templong ito. **39**
Pagkatapos ay makinig ka mula sa kalangitan, ang lugar
kung saan ka naninirahan, magpatawad at kumilos, at
bigyan ng gantimpala ang bawat tao sa kaniyang ginagawa;
alam mo ang kaniyang puso, dahil ikaw at ikaw lamang
ang nakakaalam ng puso ng lahat ng tao. **40** Gawin mo
ito para sila ay matakot sa iyo sa lahat ng araw na sila ay
mabubuhay sa lupain na ibinigay mo sa aming mga ninuno.
**41** Karagdagan dito, tungkol sa dayuhan na hindi nabibilang
sa iyong bayan ng Israel: kapag siya ay nanggaling mula sa
malayong bansa dahil sa iyong pangalan — **42** sapagkat
maririnig nila ang iyong dakilang pangalan, ang iyong
makapangyarihang kamay, at iyong nakataas na kamay —
kapag siya ay dumating at nanalangin sa templong ito, **43**
pakiusap na makinig ka mula sa kalangitan, ang lugar kung
saan ka naninirahan, at gawin mo ang kahit anong hingin sa
iyo ng dayuhan. Gawin mo iyon para ang mga grupo ng tao
sa mundo ay malaman ang iyong pangalan at matakot sa
iyo, gaya ng iyong sariling bayan ng Israel. Gawin mo ito
para malaman nila na ang tahanang ito na aking binuo ay
tinawag sa iyong pangalan. **44** Ipagpalagay na ang iyong
bayan ay makikipaglaban sa kaaway, sa kahit anong paraan
mo sila ipapadala, at ipagpalagay na sila ay mananalangin
sa iyo, Yahweh, sa lungsod na iyong pinili sa tahanang
aking itinayo sa ngalan mo. **45** Kung ganoon makinig ka sa
kalangitan sa kanilang mga panalangin, kanilang kahilingan,
at tulungan mo sila sa kanilang pinaglalaban. **46** Ipagpalagay
na sila ay nagkasala laban sa iyo, yamang walang sinuman
ang hindi nagkakasala, at ipagpalagay na ikaw ay galit sa
kanila at ibinigay sila sa mga kaaway upang dalhin silang
bihag sa kanilang lupain, maging malayo o malapit. **47** At
ipagpalagay na kanilang napagtanto na sila ay nasa lugar
kung saan sila ipinatapon, at ipagpalagay na sila ay nagsisi
at humanap ng pabor sa iyo mula sa lupain ng mga humuli
sa kanila. Ipagpalagay na kanilang sinabi, 'Kami ay kumilos
ng hindi tama at nagkasala. Kami ay nag-asal ng masama.'
**48** Ipagpalagay na sila ay bumalik sa iyo nang kanilang
buong puso at nang kanilang buong kaluluwa sa lupain ng
kanilang mga kaaway na humili sa kanila, at ipagpalagay
na sila ay nanalangin sa iyo sa gawing kanilang lupain,
kung saan ay ibinigay mo sa kanilang mga ninuno, at tungo
sa lungsod na iyong pinili, at tungo sa tahanan na aking
itinayo para sa ngalan mo. **49** Kung gayon ay makinig ka sa
kanilang mga panalangin, kanilang mga hiling sa kalangitan,
ang lugar kung saan ka nakatira, at tulungan sila sa kanilang
pinaglalaban. **50** Patawarin ang iyong bayan, na nagkasala
laban sa iyo, at lahat ng kanilang mga kasalanan kung saan

ay sumuway laban sa iyong mga utos. Kahabagan sila sa
harap ng kanilang mga kaaway na bumihag sa kanila, para
ang kanilang mga kaaway ay magkaroon din ng habag sa
iyong bayan. **51** Sila ang iyong bayan na iyong pinili, na
sinagip mo palabas ng Ehipto na parang nasa gitna ng pugon
kung saan ang bakal ay pinanday. **52** Panalangin ko na ang
iyong mga mata ay mabuksan sa mga hiling ng iyong bayan
ng Israel, na makinig ka sa kanila sa tuwing sila'y tumatawag
sa iyo. **53** Sapagkat hiniwalay mo sila sa lahat ng mga tao sa
mundo upang mapabilang sa iyo at makatanggap ng iyong
mga pangako, tulad ng paliwanag ni Moises na iyong lingkod,
nang iyong inilabas ang aming mga ama mula sa Ehipto,
Panginoong Yahweh." **54** Kaya nang matapos ipanalangin
ni Solomon ang lahat ng panalanging ito at kahilingan kay
Yahweh, siya ay tumayo mula sa harap ng altar ni Yahweh,
mula sa pagkakaluhod habang ang kaniyang kamay ay
nakaunat sa kalangitan. **55** Siya ay tumayo at pinagpala ang
lahat ng kapulungan ng Israel na may malakas na boses na
sinasabi, **56** "Nawa si Yahweh ay mapapurihan, na nagbigay
ng kapahingahan sa kaniyang bayang Israel, na tumutupad
ng lahat ng kaniyang mga pangako. Wala ni isang salita
ang nabigo sa lahat ng mabuting pangako ni Yahweh na
ginawa niya kay Moises na kaniyang lingkod. **57** Nawa si
Yahweh na ating Diyos ay makasama natin, gaya kung
paano siya ay nasa ating mga ninuno. **58** Nawa hindi niya
tayo iwan o pabayaan, na maaari niyang ibaling ang ating
puso sa kaniya, para mamuhay sa lahat ng kaniyang paraan
at ingatan ang kaniyang mga kautusan at ang kaniyang mga
tuntunin at kaniyang mga batas, na kaniyang inutos sa ating
mga ama. **59** At hayaan ang mga salitang aking sinabi, na
aking hiniling sa harap ni Yahweh, ay mapalapit kay Yahweh
ating Diyos umaga at gabi, para maaari siyang makatulong
sa pinaglalaban ng kaniyang lingkod at kaniyang bayan ng
Israel, na kailangan araw-araw; **60** na ang lahat ng tao dito
sa mundo ay malaman na si Yahweh, siya ay Diyos at wala
ng iba pang Diyos! **61** Kung gayon, hayaang ang iyong puso
na maging totoo kay Yahweh ating Diyos, para lumakad
sa kaniyang alituntunin at pagkaingatan ang kaniyang mga
kautusan, mula sa araw na ito. **62** Kaya ang hari at lahat ng
Israelitang kasama niya ay naghandog ng mga alay kay
Yahweh. **63** Si Solomon ay naghandog ng alay para sa
pagtitipon, na ginawa niya para kay Yahweh: dalawampu't
dalawang libong baka at 120, 000 tupa. Kaya ang hari at
mga Israelita ay inialay ang tahanan ni Yahweh. **64** Sa araw
ding iyon itinalaga ng hari ang gitna ng patyo na nasa harap
ng templo ni Yahweh, doon niya inialay ang mga sinunog
na handog, ang handog ng butil, at ang taba ng handog
para sa pagtitipon-tipon, dahil ang altar na tanso na nasa
harapan ni Yahweh ay napakaliit para tanggapin ang pag-
aalay ng sinunog na handog, handog ng butil at ang taba
ng handog ng pagtitipon-tipon. **65** Kaya si Solomon ang
nagdaos ng handaan sa oras na iyon, at lahat ng Israelita
ay kasama niya, isang malaking kapulungan, mula Lebo
Hamat hanggang sa batis ng Ehipto, sa harap ni Yahweh
ating Diyos sa loob ng pitong araw at sa pito pang araw, sa
kabuuan ng labing apat na mga araw. **66** Sa ika-walong
araw, pinauwi niya ang mga tao, at kanilang pinagpala ang
hari at umuwi sila sa kanilang tahanan ng may kagalakan at
masayang mga puso dahil sa lahat ng kabutihan na pinakita
ni Yahweh kay David, na kaniyang lingkod, at sa Israel, na
kaniyang bayan.

**9** Pagkatapos maitayo ni Solomon ang templo ni Yahweh at
ang palasyo ng hari, at pagkatapos niyang magawa ang
lahat ng ninais niyang gawin, **2** nangyaring nagpakita muli si
Yahweh kay Solomon sa ikalawang pagkakataon, kagaya ng
pagpapakita sa kaniya sa Gabaon. **3** At sinabi sa kaniya
ni Yahweh, "Narinig ko ang iyong panalangin at ang iyong
kahilingan sa akin. Itinalaga ko ang templong ito, na iyong
itinayo, para sa akin, para doon ko ilagay ang aking pangalan
magpakailanman, at ang aking mga mata at ang aking puso
ay mananatili doon sa lahat ng panahon. **4** Para naman sa
iyo, kung ikaw ay lalakad sa harapan ko gaya ng ama mong
si David na lumakad ng may matapat na puso at sa pagiging
matuwid, at kung susundin mo ang lahat na iniutos ko at
iniingatan ang aking mga kautusan at aking mga tuntunin,
**5** itatatag ko ang trono ng iyong kaharian sa buong Israel
magpakailanman, gaya nang ipinangako ko sa iyong amang
si David, na sinasabing, 'Isa sa iyong lahi ay hindi kailaman
mabibigong lumuklok sa trono ng Israel.' **6** Pero kung kayo
ay tatalikod, ikaw at ang at iyong mga anak, at hindi iingatan
ang aking mga kautusan na aking inilagay sa harapan ninyo,
at kung pupunta at sasamba kayo sa ibang mga diyos at
yuyukod sa kanila, **7** kung gayon ay palalayasin ko ang Israel
mula sa lupain na ibinigay ko sa kanila; at ang templong ito
na inilaan ko para sa aking pangalan—iwawaksi ko ito sa
aking paningin. At ang pangalang "Israel" ay magiging para
na lamang isang kawikaan at isang katatawanan sa lahat ng
mga tao. **8** At kahit na ang templong ito ay napakatayog
ngayon, bawat isang mapapadaan dito ay mangingilabot
at susutsot. Sasabihin nila, "Bakit nagawa ni Yahweh ang
ganito sa lupain at sa templong ito? **9** Sasagot ang iba, "dahil
tinalikuran nila si Yahweh, na kanilang Diyos, na siyang
naglabas sa kanilang mga ninuno sa lupain ng Ehipto, at
pinaglingkuran nila ang ibang mga diyos at yumukod sila
sa mga ito at sumamba sila sa kanila. Iyon ang dahilan
kung bakit dinala ni Yahweh ang lahat ng mga sakunang ito
sa kanila."" **10** At5 nangyari sa pagsapit ng katapusan ng
dalawampung taon, natapos ni Solomon ang pagpapatayo

ng dalawang gusali, ang templo ni Yahweh at ang palasyo ng
hari. 11 Si Hiram, ang hari ng Tiro, ay nagbigay kay Solomon
ng mga kahoy na sedar, mga kahoy na pino, at ginto, lahat
ng hinangad ni Solomon. Kaya binigyan ni Haring Solomon
si Hiram ng dalawampung lungsod sa lupain ng Galilea.
12 Lumabas si Hiram mula sa Tiro para tingnan ang mga
lungsod na ibinigay sa kaniya ni Solomon, pero hindi siya
nasiyahan sa mga iyon. 13 Kaya sinabi ni Hiram, "Ano ba
itong mga lungsod na ibinigay mo sa akin, aking kapatid?"
Kaya tinawag ni Hiram ang mga iyon na Lupain ng Cabul,
kung saan ganoon pa rin ang tawag sa kanila hanggang
ngayon. 14 Nagpadala si Hiram sa hari ng 120 talentong
ginto. 15 Ang sumusunod ay ang dahilan na ipinataw ni
Haring Solomon na magtrabaho ang mga tao: upang itayo
ang templo ni Yahweh at ang kaniyang sariling palasyo,
upang itayo ang Millo at ang pader ng Jerusalem, at upang
itayo ang mga tanggulan ng Hazor, Megido, at Gezer. 16
Ang haring Paraon ng Ehipto ay nagpunta at sinakop ang
Gezer, sinunog niya ito, at pinatay ang mga taga Canaan sa
loob ng lungsod. Pagkatapos ay ibinigay ng Paraon ang
lungsod sa kaniyang anak na babae, na asawa ni Solomon,
bilang regalo sa kanilang kasal. 17 Kaya muling itinayo ni
Solomon ang Gezer at Beth-Horon sa bandang Ibaba, 18
ang Baalat at Tadmor sa ilang sa lupain ng Juda, 19 at sa
lahat ng mga imbakang lungsod na pag-aari niya, at mga
lungsod para sa kaniyang mga karwahe at mga lungsod para
sa kaniyang mangangabayo, at anumang mga hinangad
niyang itayo para sa kanyang kasiyahan sa Jerusalem,
sa Lebanon, at sa lahat ng mga lupain na nasa ilalim ng
kaniyang pamumuno. 20 Sa lahat ng mga tao na natira sa
mga Amoreo, sa mga Heteo, Perezeo, Hivita at Jebuseo,
na hindi kabilang sa bayan ng Israel, 21 ang kanilang mga
kaapu-apuhan na naiwan nila sa lupain, mga taong hindi
lubusang napuksa ng mga mamamayan ng Israel— ginawa
sila ni Solomon bilang mga sapilitang manggagawa, kung
saan ganoon pa rin sila hanggang sa araw na ito. 22 Gayon
man, hindi ginawang mga sapilitang manggagawa ang mga
Israelita. Sa halip, naging mga sundalo sila at kaniyang
mga lingkod, at kaniyang mga opisyales at kaniyang mga
pinuno at mga pinuno ng kaniyang hukbo ng karwahe at
kaniyang mga mangangabayo. 23 Ito ang mga pangunahing
pinuno na namahala sa mga tagapangsiwa ng mga gawain
ni Solomon, 550 katao, na nangasiwa sa mga taong gumawa
ng gawain. 24 Lumipat ang anak na babae ng Paraon
mula sa lungsod ni David patungo sa bahay na itinayo ni
Solomon para sa kanya. Kinalaunan, itinayo ni Solomon
ang Millo. 25 Tatlong beses sa isang taon na nag- aalay
si Solomon ng mga handog na susunugin at mga handog
pangkapayapaan sa altar na itinayo niya para kay Yahweh,
nagsusunog ng insenso kasama nito sa altar sa harap ni
Yahweh. Kaya tinapos niya ang templo at ginagamit na ito
ngayon. 26 Nagpagawa si Solomon ng malaking grupo ng
mga barko sa Ezion-Geber, kung saan malapit sa Elat, na
nasa dalampasigan ng Dagat na pula, sa lupain ng Edom.
27 Pinadalhan ni Hiram ang mga grupo ng barko ni Solomon
ng mga tauhan, mga bihasang mandaragat, kasama ang
mga sariling tauhan ni Solomon. 28 Pumunta sila sa Ofir
kasama ang mga tauhan ni Solomon. Mula roon ay nag-uwi
sila ng 420 talentong ginto para kay Haring Solomon.

**10** Nang mabalitaan ng reyna ng Seba ang katanyagan ni
Solomon tungkol sa pangalan ni Yahweh, pumunta siya
para subukin si Solomon sa pamamagitan ng mga mahihirap
na tanong. 2 Dumating siya sa Jerusalem kasama ang
isang napakahabang karawan, mga kamelyo na punong-
puno ng mga pabango, maraming ginto, at maraming mga
mamahaling bato. Nang siya ay dumating, sinabi niya kay
Solomon lahat ng nasa loob ng kaniyang puso. 3 Sinagot ni
Solomon lahat ng kaniyang mga katanungan. Wala ni isa
man na kaniyang mga tanong ang hindi sinagot ng hari. 4
Nang makita ng reyna ng Seba ang lahat ng karunungan ni
Solomon, ang palasyo na kaniyang itinayo, 5 ang pagkain
sa kaniyang hapag-kainan at mga tirahan ng kaniyang mga
lingkod at kanilang mga gawain at kanilang mga kasuotan,
at saka mga taga-silbi niya ng inumin at ang paraan kung
paano siya nag-alay ng mga handog na susunugin sa templo
ni Yahweh, wala ng espiritu sa kaniya. 6 Sinabi niya sa hari,
"Totoo nga, ang balita na aking narinig sa sarili kong lupain
tungkol sa iyong mga salita at iyong karunungan. 7 Hindi ko
mapaniwalaan ang aking narinig hanggang sa dumating
ako rito, at ngayon ay nakita ito ng aking mga mata. Wala
pa pala sa kalahati ang nasabi sa akin tungkol sa iyong
karunungan at kayamanan! Nahigitan mo ang katanyagan na
aking nabalitaan. 8 Pinagpala ang iyong bayan, at pinagpala
ang iyong mga lingkod na palaging nasa iyong harapan,
dahil naririnig nila ang iyong karunungan. 9 Nawa ay purihin
si Yahweh ang inyong Diyos, na nalulugod sa iyo, na siyang
naglagay sa iyo sa trono ng Israel. Dahil walang hanggang
minahal ni Yahweh ang Israel, ginawa ka niyang hari, para
gumawa ka ng katarungan at katuwiran. 10 Binigyan niya
ang hari ng 120 talentong ginto at malaking halaga ng
mga pabango at mga mamahaling mga bato. Wala nang
mas higit pang halaga ng mga pabango tulad nitong mga
ibinigay ng reyna ng Seba kay Haring Solomon ay kailanman
naibigay pa muli sa kaniya. 11 Ang mga barko ni Hiram, na
nagdala ng ginto mula sa Ofir, ay nagdala rin mula sa Ofir ng
napakaraming kahoy na algum at mga mamahaling bato. 12
Gumawa ang hari ng mga haligi gamit ang kahoy na algum
para sa templo ni Yahweh at para sa palasyo ng hari, at

mga alpa at mga lira para sa mga mang-aawit. Wala nang
mas madami pang bilang ng kahoy na algum ang dumating
o nakita pa muli hanggang sa araw na ito. 13 Ibinigay lahat
ni Haring Solomon ang lahat ng maibigan ng reyna ng Seba,
anuman ang hiniling niya, karagdagan sa mga ibinigay ni
Solomon ayon sa kaniyang maharlikang kabutihang-loob.
Kaya bumalik siya sa kaniyang sariling lupain kasama ang
kaniyang mga lingkod. 14 Ngayon ang timbang ng ginto
na dumating kay Solomon sa loob ng isang taon ay 666
talento ng ginto, 15 bukod sa mga ginto na dinala ng mga
mangangalakal at mga negosyante. Lahat ng mga hari na
taga-Arabia at mga gobernador sa bansa ay nagdala rin ng
ginto at pilak kay Solomon. 16 Si Solomon ay nagpagawa ng
dalawang-daang malalaking kalasag na binalutan ng ginto.
Anim na raang siklo ng ginto ang napunta sa bawat isa. 17
Nagpagawa rin siya ng tatlong-daang kalasag na binalutan
ng ginto. Tatlong mina ng ginto ang napunta sa bawat
kalasag; inilagay ang mga ito ng hari sa loob ng Palasyo ng
Kagubatan ng Lebanon. 18 Pagkatapos ay nagpagawa ang
hari ng isang malaking trono na gawa sa garing at nilatagan
ito ng pinakamataas na uri ng ginto. 19 May anim na baytang
papunta sa trono, at ang likod nito ay may pabilog na tuktok.
May mga dantayan ng bisig sa magkabilang gilid ng upuan,
at dalawang leon ang nakatayo sa tabi ng mga dantayan. 20
Labingdalawang leon ang nakatayo sa mga baytang, isa sa
bawat magkabilang gilid sa bawat anim na baytang. Walang
anumang trono kagaya nito sa alinmang kaharian. 21 Lahat
ng iniinumang tasa ni Haring Solomon ay ginto, at lahat ng
mga iniinumang tasa sa Palasyo ng Kagubatan ng Lebanon
ay purong ginto. Walang pilak, dahil ang pilak ay hindi
itinuturing na mahalaga noong panahon ni Solomon. 22 Ang
hari ay may mga grupo ng barko sa dagat na pumapalaot
sa karagatan, kasama ang mga barko ni Hiram. Isang
beses sa bawat tatlong taon ang mga barko ay nagdadala
ng ginto, pilak, garing, gayundin ng mga bakulaw at mga
malalaking unggoy. 23 Kaya nahigitan ni Haring Solomon
ang lahat ng hari sa mundo sa kayamanan at karunungan.
24 Sinadya ng buong mundo ang presensiya ni Solomon
para mapakinggan ang kaniyang karunungan, na inilagay ng
Diyos sa kaniyang puso. 25 Ang mga bumisita sa kaniya ay
nagdala ng pagpaparangal, mga sisidlang gawa sa pilak at
gawa sa ginto, mga damit, mga armas, pampalasa, gayundin
ng mga kabayo at mga asno, taon taon. 26 Sama-samang
tinipon ni Solomon ang mga karwahe at mga mangangabayo.
Mayroon siyang 1, 400 na mga karwahe at labing dalawang
libong mangangabayo na inihimpil niya sa mga lungsod
ng mga karwahe at sa kaniyang sarili sa Jerusalem. 27
Napakaraming pilak ang hari sa Jerusalem, kasing dami
ng mga bato sa lupa. Ginawa niyang sagana ang mga
kahoy na cedar gaya ng mga punong sikamoreng igos na
nasa mababababang lupain. 28 Nagmamay-ari si Solomon ng
mga kabayo na nanggaling sa Ehipto at Cilicia. Ang mga
mangangalakal ng hari ay binili ang mga iyon sa kawan,
bawat isang kawan ay may halaga. 29 Ang mga karwahe ay
binili sa labas ng Ehipto sa halagang animnaraang siklo
ng pilak bawat isa, at mga kabayo ng 150 siklo bawat isa.
Pagkatapos karamihan sa mga ito ay ipinagbili sa lahat ng
mga hari ng mga Heteo at Arameo.

**11** Ngayon nagmahal si Solomon ng maraming dayuhang
babae: ang anak na babae ng Paraon, mga babaeng
Moabita, Ammonita, Edomita, Sidomita at mga babaeng
Heteo— 2 mga bansang nauukol kung saan sinabi ni
Yahweh sa bansang Israel, "Huwag kayong pupunta sa
kanila para mag-asawa o ni isa sa kanila ay pupunta sa inyo,
dahil tiyak na ibabaling nila ang inyong puso sa kanilang
mga diyos." Pero minahal ni Solomon ang mga babaeng
ito. 3 Nagkaroon si Solomon ng pitong-daang maharlikang
asawa at tatlong-daang iba pang kinakasama. Inilayo ng
kaniyang mga asawa ang kaniyang puso. 4 Dahil noong
tumanda si Solomon, iniligaw ng kaniyang mga asawa ang
kaniyang puso sa ibang diyos; ang kaniyang puso ay hindi
niya lubos na isinuko kay Yahweh na kaniyang Diyos, gaya
ng kaniyang amang si David. 5 Sinunod ni Solomon si
Astarte, ang diyosa ng mga Sidonio, at sumunod siya kay
Milcom, ang kasuklam-suklam na diyus-diyosan ng mga
Amonita. 6 Gumawa si Solomon ng kasamaan sa paningin
ni Yahweh; hindi siya lubusang sumunod kay Yahweh, tulad
nang nagawa ng kaniyang amang si David. 7 Pagkatapos
nagpatayo si Solomon ng isang dambana para kay Cemos,
ang kasuklam-suklam na diyus-diyosan ng Moab, sa burol
na nasa silangan ng Jerusalem, at para din kay Molec, ang
kasuklam-suklam na diyus-diyosan ng mga Ammonita. 8
Nagtayo rin siya ng mga dambana para sa lahat ng kaniyang
mga dayuhang asawa, na nagsunog ng mga insenso at nag-
alay para sa kanilang mga diyos. 9 Nagalit si Yahweh kay
Solomon, dahil tumalikod ang kaniyang puso sa kaniya, na
Diyos ng Israel, kahit na nagpakita sa kaniya ng dalawang
ulit 10 at nag-utos sa kaniya tungkol sa mismong bagay na
ito, na hindi siya dapat maglingkod sa ibang diyos. Subalit
hindi sinunod ni Solomon kung ano ang inutos ni Yahweh. 11
Kaya sinabi ni Yahweh kay Solomon, "Dahil nagawa mo ito
at hindi mo sinunod ang aking tipan at aking mga alituntunin
na inutos ko sa iyo, tiyak na pipilasin ko ang kaharian mula
sa iyo at ibibigay ko ito sa iyong lingkod. 12 Subalit, alang-
alang sa iyong amang si David, hindi ko ito gagawin habang
ikaw ay nabubuhay, pero sisirain ko ito sa kamay ng iyong
anak na lalaki. 13 Gayon man, hindi ko sisirain ang buong
kaharian; Ibibigay ko ang isang lipi sa iyong anak alang-

alang sa aking lingkod na si David, at para sa kapakanan ng
Jerusalem, na aking pinili." 14 Pagkatapos ay nagtayo si
Yahweh ng kakalaban kay Solomon, si Hadad na Idumeo.
Siya ay nagmula sa maharlikang angkan ng Edom. 15 Noong
si David ay nasa Edom, si Joab na pinuno ng mga kawal ay
nagpunta para ilibing ang mga patay, bawat taong napatay
sa Edom. 16 Si Joab at ang buong Israel ay nanatili doon
ng anim na buwan hanggang sa mapatay niya ang bawat
kalalakihan sa Edom. 17 Ngunit si Hadad ay dinala ng mga
lingkod ng kaniyang ama sa Ehipto kasama ng iba pang
mga Idumeo, dahil si Hadad ay isa pa lamang maliit na bata.
18 Umalis sila sa Midian at nagpunta sa Paran, mula kung
saan kasama nilang dinala ang mga kalalakihan patungo sa
Ehipto, sa Paraon na hari ng Ehipto, na nagbigay sa kaniya
ng isang bahay, lupa at pagkain. 19 Nalugod ang Paraon kay
Hadad kaya binigyan siya ng Paraon ng asawa, ang kapatid
ng sarili niyang asawa, ang kapatid na babae ng reyna na si
Tapenes. 20 Isinilang ng kapatid ni Tapenes ang anak na
lalaki ni Hadad; Pinangalanan nila siyang Genubat; Siya ay
pinalaki ni Tapenes sa palasyo ng Paraon. Kaya namuhay si
Genubat sa palasyo ng Paraon kasama ang mga anak ng
Paraon. 21 Noong mabalitaan ni Hadad na tulog na si David
kasama ang kaniyang mga ninuno, at si Joab na pinuno ng
hukbo ay patay na, sinabi ni Hadad sa Paraon, "Pahintulutan
mo akong umalis para pumunta sa aking sariling bansa." 22
At sinabi sa kaniya ng Paraon, "Pero ano pa ang kulang
mo sa akin na gustuhin mo pang bumalik sa iyong sariling
bansa?" Sumagot si Hadad, "Wala, hayaan mo lang akong
umalis." 23 Nagtayo muli ang Diyos ng isa pang katunggali
kay Solomon, si Rezon na anak na lalaki ni Eliada, na
tumakas mula sa kaniyang panginoon na si Hadadezer, hari
ng Zoba. 24 Nagtipon si Rezon ng mga kalalakihan at naging
kapitan ng isang maliit na puwersa, noong tinalo ni David
ang mga kalalakihan ng Zoba. Nagpunta ang mga tauhan
ni Zoba sa Damasco at nanirahan doon, at napailalim kay
Rezon ang Damasco. 25 Siya ay naging kaaway ng Israel sa
lahat ng panahon ng paghahari ni Solomon, kasama ng mga
kaguluhan na idinulot ni Hadad. Kinasuklaman ni Rezon ang
Israel at naghari siya sa Aram. 26 At si Jeroboam na anak
na lalaki ni Nebat, isang Efraimita na taga Sereda, isang
opisyal ni Solomon, na ang pangalan ng kaniyang ina ay
Serua, isang babaeng balo, ay nagtaas din ng kaniyang
kamay laban sa hari. 27 Ang dahilan kung bakit nagrebelde
siya laban sa hari ay dahil itinayo ni Solomon ang Millo
at inayos ang lagusan ng pader sa lungsod ni David na
kaniyang ama. 28 Si Jeroboam ay isang lalaking malakas at
matapang. Nakita ni Solomon ang binata na masipag, kaya
ibinigay sa kaniya ang pamamahala sa lahat ng gawain sa
tahanan ni Jose. 29 Sa panahong iyon, nang lumabas si
Jeroboam sa Jerusalem, natagpuan siya ni propetang Ahias
sa daan. Ngayon nagbihis si Ahias ng bagong kasuotan, at
ang dalawang lalaki ang tanging nasa bukid. 30 Pagkatapos
ay dinakma ni Ahias ang bagong kasuotan na nasa kaniya,
at pinunit ito ng labing-dalawang piraso. 31 Sinabi niya kay
Jeroboam, "kumuha ka ng sampung piraso, dahil si Yahweh
na Diyos ng Israel, sinasabi niya, 'Pagmasdan mo, pipilasin
ko ang kaharian at aalisin sa kamay ni Solomon, at ibibigay
ko ang sampung lipi sa iyo 32 (subalit magkakaroon si
Solomon ng isang lipi, alang-alang sa lingkod kong si David
at alang-alang sa Jerusalem, ang lungsod na aking pinili
mula sa lahat ng lipi ng Israel), 33 dahil iniwanan nila ako
at sinamba nila si Astarte, ang babaeng diyus-diyosan ng
mga Sidonita, kay Cemos ang diyos ng mga Moabita, at kay
Milcom ang diyos ng mga mamamayan ng mga Ammonita.
Hindi sila lumakad ayon sa aking kaparaanan, para gawin
ang mabuti sa aking paningin, at para sundin ang aking mga
utos at mga tuntunin gaya ng ginawa ng kaniyang ama na si
David. 34 Ngunit, hindi ko aalisin ang buong kaharian sa
kamay ni Solomon. Sa halip, gagawin ko siyang hari sa lahat
ng araw ng kaniyang buhay, alang-alang sa aking lingkod
na si David na aking pinili, na siyang nag-ingat sa aking
mga kautusan at mga tuntunin. 35 Ngunit kukunin ko ang
kaharian mula sa kamay ng kaniyang anak, at ibibigay ko
ito sa iyo, ang sampung mga lipi. 36 Ibibigay ko ang isang
lipi sa anak na lalaki ni Solomon, para ang aking lingkod
na si David ay magkakaroon lagi ng ilaw sa harapan ko sa
Jerusalem, ang lungsod kung saan pinili kong ilagay ang
aking pangalan. 37 Kukunin kita, at ikaw ay mamumuno
at tutupad sa lahat ng hangarin mo, at ikaw ay magiging
hari ng buong Israel. 38 Kung pakikinggan mo ang lahat na
aking ipag-uutos sa iyo, at kung lalakad ka sa aking mga
landas, at kung gagawin mo kung ano ang mabuti sa aking
paningin, para ingatan ang mga tuntunin at mga kautusan,
gaya ng ginawa ng aking lingkod na si David, sa gayon ay
sasamahan kita at ipagtatayo kita ng totoong tahanan, gaya
ng itinayo ko para kay David, at ang Israel ay ibibigay ko sa
iyo. 39 Paparusahan ko ang mga kaapu-apuhan ni David,
pero hindi habang panahon." 40 Kaya pinagsikapang patayin
ni Solomon si Jeroboam, ngunit tumindig si Jeroboam at
tumakas papuntang Ehipto, kay Shishak, hari ng Ehipto, at
nanatili siya sa Ehipto hanggang sa pagkamatay ni Solomon.
41 Para sa ibang mga bagay tungkol kay Solomon, lahat ng
kaniyang mga ginawa at ang kaniyang karunungan, hindi ba
nakasulat ang mga ito sa Aklat ng mga Kaganapan sa Buhay
ni Solomon? 42 Naghari si Solomon sa buong Israel sa loob
ng apatnapung taon. 43 Natulog siya kasama ang kaniyang
mga ninuno, at inilibing siya sa lungsod ng kaniyang amang

si David. Ang kaniyang anak na lalaki na si Rehoboam ang
humalili sa kaniya bilang hari.

12 Nagpunta si Rehoboam sa Shekem, dahil ang buong
Israel ay darating sa Shekem para gawin siyang hari.
2 Ito ay nangyari nang marinig ito ni Jeroboam anak ni Nebat
(dahil siya ay nasa Ehipto pa, kung saan siya ay tumakas
mula sa kinaroroonan ni Haring Solomon; Si Jeroboam ay
nanirahan sa Ehipto). 3 Kaya siya ay isinugo at tinawag nila,
at dumating si Jeroboam at buong kapulungan ng Israel; sila
ay nagsalita kay Rehoboam at sinabi, "ginawang mahirap
ng iyong ama ang aming pasanin. 4 Ngayon, gawin mong
madali ang mahirap na trabahong ibinigay ng iyong ama, at
pagaanin mo ang mabigat na pasanin na inilagay niya sa
amin, at paglilingkuran ka namin." 5 Sinabi ni Rehoboam sa
kanila, "Umalis kayo ng tatlong araw; pagkatapos bumalik
kayo sa akin." Kaya umalis ang mga tao. 6 Sumangguni si
Haring Rehoboam sa mga matatandang lalaki na tumayo
sa harapan ni Solomon na kaniyang ama habang siya
ay nabubuhay; sinabi niya, "Paano ninyo ako papayuhan
upang sagutin ang mga taong ito?" 7 Sila ay nagsalita sa
kaniya at sinabi, "Kung ikaw ay magiging isang lingkod
ngayon sa mga taong ito at paglilingkuran sila, at sasagutin
sila sa pamamagitan ng mabubuting mga salita, palagi
silang magiging mga lingkod mo." 8 Subalit binalewala ni
Rehoboam ang ibinigay na payo ng mga matatandang lalaki
sa kaniya, at sumangguni sa mga kabataan na lumaking
kasama niya, na tumayo sa harapan niya. 9 Sinabi niya sa
kanila, "Anong payoang maibibigay ninyo sa akin, upang
maaari nating masagot ang mga tao na nagsalita sa akin at
nagsabing, "Pagaanin ninyo ang pasanin na inilagay sa amin
ng inyong ama?" 10 Ang mga kabataan na lumaking kasama
ni Rehoboam ay nagsalita sa kaniya, nagsabi, "Magsalita ka
sa mga taong ito na nagsabi sa iyo na ang iyong amang si
Solomon ang nagpabigat ng kanilang pasanin pero dapat mo
itong pagaanin. Dapat mong sabihin sa kanila, "Ang hinliliit
kong daliri ay makapal kaysa sa baywang ng aking ama. 11
Kaya ngayon, kahit na pinahirapan kayo ng aking ama sa
pamamagitan ng isang mabigat na pasanin, magdadagdag
ako sa inyong pasanin. Pinarusahan kayo ng aking ama sa
pamamagitan ng mga latigo, ngunit parurusahan ko kayo
sa pamamagitan ng mga alakdan." 12 Kaya dumating si
Jeroboam at ang lahat ng bayan kay Rehoboam sa ikatlong
araw, gaya ng itinagubilin ng hari noong sinabi niyang,
"Bumalik kayo sa akin sa ikatlong araw." 13 Marahas na
tinugon ng hari ang bayan at binalewala ang payo na ibinigay
sa kaniya ng mga matatandang lalaki. 14 Siya ay nagsalita sa
kanila bilang pagsunod sa payo ng mga nakababatang lalaki;
sabi niya, "Pinagpasan kayo ng aking ama sa pamamagitan
ng mabibigat na pasanin, pero magdadagdag ako ng pasanin
sa inyo. Pinarusahan kayo ng aking ama sa pamamagitan
ng mga latigo, pero parurusahan ko kayo sa pamamagitan
ng mga alakdan." 15 Kaya hindi nga pinakinggan ng hari ang
mga tao, dahil ito ay isang pagbabago ng mga pangyayari
na ginawa ni Yahweh, upang maaari niyang tuparin ang
kaniyang salita na kaniyang sinabi kay Ahias na taga-
Silo kay Jeroboam na anak ni Nebat. 16 Nang makita ng
buong Israel na hindi sila pinakinggan ng hari, sinagot
siya ng mga tao at sinabi, "Anong bahagi mayroon kami
kay David? Wala kaming mana sa anak ni Jesse! Umuwi
kayo sa inyong mga tolda, Israel. Ngayon pangalagaan
mo ang sarili mong bahay, David." Kaya nagbalik ang
Israel sa kanilang mga tolda. 17 Pero para sa bayang
Israel na nanirahan sa mga lungsod ng Juda, si Rehoboam
ang naghari sa kanila. 18 Pagkatapos ipinadala ni Haring
Rehoboam si Adoram, na siyang namamahala sa mga pinilit
na mga manggagawa, pero pinagbabato siya ng buong
Israel hanggang mamatay. Mabilis na tumakas si Haring
Rehoboam sa kaniyang karwahe patungong Jerusalem. 19
Kaya ang Israel ay naging rebelde laban sa angkan ni David
hanggang sa araw na ito. 20 Nangyari ito nang mabalitaan
ng buong Israel na bumalik na si Jeroboam, ipinadala nila
at tinawag siya sa kanilang kapulungan at ginawa siyang
hari sa buong Israel. Walang isa man ang sumunod sa
pamilya ni David, maliban lamang sa lipi ni Juda. 21 Nang
dumating si Rehoboam sa Jerusalem, tinipon niya ang lahat
ng lipi ni Juda at ang lipi ni Benjamin; mayroong piniling
180, 000 kalalakihan na mga sundalo, para labanan ang
lipi ng Israel, para ibalik muli ang kaharian kay Rehoboam
na anak ni Solomon. 22 Ngunit dumating ang salita ng
Diyos kay Semaias, ang lingkod ng Diyos; ito ang sinabi, 23
"Sabihin kay Rehoboam na anak ni Solomon, hari ng Juda,
sa lahat ng lipi ni Juda at Benjamin, at sa natitirang mga
tao; sabihing, 24 'Ito ang sinasabi ni Yahweh: Hindi ninyo
dapat nilulusob o nilalabanan ang inyong mga kapatid na
bayang Israel. Bawat lalaki ay dapat magbalik sa kaniyang
tahanan, dahil kalooban ko na mangyari ang bagay na ito.'"
Kaya nakinig sila sa salita ni Yahweh at bumalik at nagpunta
sa kani-kanilang daan, at sinunod nila ang kaniyang salita.
25 Pagkatapos itinayo ni Jeroboam ang Shekem sa burol
ng bansang Efraim, at nanirahan doon. Lumipat siya mula
doon at itinayo ang Penuel. 26 Inaakala ni Jeroboam sa
kaniyang puso, "Ngayon manunumbalik ang kaharian sa
bahay ni David. 27 Kung aakyat ang bayang ito para mag-
alay ng mga handog sa templo ni Yahweh sa Jerusalem,
sa gayon, ang puso ng mga taong ito ay manunumbalik
muli sa kanilang panginoon, kay Rehoboam hari ng Juda.
Papatayin nila ako at babalik sila kay Rehoboam hari ng
Juda." 28 Kaya naghanap ng payo si Haring Jeroboam at

gumawa ng dalawang guyang ginto; sinabi niya sa mga
tao, “Labis-labis ito para sa inyo na umakyat sa Jerusalem.
Masdan ninyo, ito ang inyong mga diyos bayang Israel, na
naglabas sa inyo sa lupain ng Ehipto. **29** Naglagay siya
ng isa sa Bethel at ang isa sa Dan. **30** Kaya naging isang
kasalanan ang pagkilos na ito. Ang mga tao ay nagpunta sa
isa o sa kabila, hanggang makarating sa Dan. **31** Gumawa
si Jeroboam ng mga Templo sa mga dambana; naghirang
din siya ng mga pari sa kalagitnaan ng buong bayan, na
hindi mga anak na lalaki ni Levi. **32** Nagtalaga si Jeroboam
ng isang pista sa ika-walong buwan, sa ika-labing limang
araw ng buwan, tulad ng pista na nasa Juda, at umakyat
siya sa altar. Ginawa niya ito sa Bethel, naghahandog sa
mga guya na kaniyang ginawa, at naglagay siya sa Bethel
ng mga pari sa mga dambana na kaniyang ginawa. **33**
Umakyat si Jeroboam sa altar na kaniyang ginawa sa Bethel
sa ika-labing limang araw ng ika-walong buwan, sa buwan
na binalak niya sa sarili niyang isipan; nagtalaga siya ng
isang pista para sa bayan ng Israel at umakyat sa altar para
magsunog ng insenso.

**13** Isang lingkod ng Diyos ang lumabas sa Juda sa
pamamagitan ng salita ni Yahweh para sa Bethel.
Nakatayo si Jeroboam sa may altar para magsunog ng
insenso. **2** Ang lingkod ng Diyos ay sumigaw sa harapan
ng altar sa pamamagitan ng salita ni Yahweh at sinabi,
“Altar, o altar, sinasabi ni Yahweh, 'Tingnan, isang anak
na lalaki ang isisilang sa pamilya ni David, sa pangalang
Josias, at maghahandog siya sa iyo ng mga pari ng mga
dambana na nagsusunog ng insenso sa iyo; susunugin
nila ang mga buto ng kalalakihan sa iyo'.” **3** Pagkatapos
nagbigay ng isang palatandaan ang lingkod ng Diyos sa
araw ding iyon, sinasabi, “Ito ang katunayan na nagsalita si
Yahweh: “Masdan ito, ang altar ay mahahati, at ang mga
abo na naririto ay ibubuhos.” **4** Nang marinig ng hari kung
ano ang sinabi ng lingkod ng Diyos, na siya ay nagsalita
laban sa altar ng Bethel, itinaas ni Jeroboam ang kaniyang
kamay mula sa altar, na sinasabi, “Hulihin siya.” Pagkatapos
ang kamay na itinuro niya laban sa lalaki ay natuyo, sa
gayon hindi niya ito maibalik sa kaniyang sarili. **5** Nahati din
ang altar, at ibinuhos ang mga abo mula sa altar, tulad ng
inilarawan sa pamamagitan ng palatandaan na ibinigay ng
lingkod ng Diyos sa pamamagitan ng salita ni Yahweh. **6**
Sumagot si Haring Jeroboam at sinabi sa lingkod ng Diyos,
“Makiusap ka para sa pabor ni Yahweh na iyong Diyos
at ipanalangin ako, sa gayon maaaring maibalik muli sa
dating kalagayan ang aking kamay.” Kaya nanalangin ang
lingkod ng Diyos kay Yahweh, at muling naibalik sa dating
kalagayan ang kamay ng hari. **7** Sinabi ng hari sa lingkod
ng Diyos, “Sumama ka sa aking tahanan at magpalakas,
at bibigyan kita ng isang gantimpala.” **8** Sinabi ng lingkod
ng Diyos sa hari, “Kahit ibigay mo sa akin ang kalahati ng
iyong mga pag-aari, hindi ako sasama sa iyo, ni kakain o
iinom sa lugar na ito, **9** dahil inutos sa akin ni Yahweh sa
pamamagitan ng kaniyang salita, “Hindi ka kakain ng tinapay
ni iinom ng tubig, ni babalik sa iyong dinaanan.” **10** Kaya
nag-iba ng daanan ang lingkod ng Diyos at hindi nagbalik sa
kaniyang tahanan sa daan na kaniyang dinaanan patungo
sa Bethel. **11** Ngayon mayroong isang matandang propeta
na naninirahan sa Bethel, at isa sa mga anak niyang lalaki
ay dumating at sinabi sa kaniya ang lahat ng nagawa ng
lingkod ng Diyos nang araw na iyon sa Bethel. Sinabi rin ng
kaniyang mga anak na lalaki sa kaniya ang mga salita na
sinabi ng lingkod ng Diyos sa hari. **12** Sinabi ng kanilang
ama sa kanila, “Saang daan siya nagpunta?” Ngayon itinuro
ng mga anak na lalaki ang dinaanan ng lingkod ng Diyos
mula sa Juda na pinanggalingan. **13** Kaya sinabi niya sa
kaniyang mga anak na lalaki, “Ihanda ang asnong sasakyan
ko.” Kaya inihanda nila ang asno at sinakyan niya ito. **14**
Sinundan ng matandang propeta ang lingkod ng Diyos at
inabutan siyang nakaupo sa ilalim ng puno ng ensena;
at sinabi niya sa kaniya, “Ikaw ba ang lingkod ng Diyos
na nanggaling mula sa Juda?” Sumagot siya, “Ako nga.”
**15** Pagkatapos sinabi sa kaniya ng matandang propeta,
“Sumama ka sa aking tahanan at kumain ka.” **16** Sumagot
ang lingkod ng Diyos, “Hindi ako maaaring sumama sa iyo
pabalik ni magpunta sa inyo, hindi rin ako maaaring kumain
ni uminom sa inyo sa lugar na ito, **17** dahil ito ay iniutos
sa akin sa pamamagitan ng salita ni Yahweh, “Hindi ka
kakain ni iinom nang tubig doon, ni magbabalik sa iyong
dinaanan.” **18** Kaya sinabi ng matandang propeta sa kaniya,
“Ako ay isa ring propetang tulad mo, at isang anghel ang
nagsalita sa akin sa pamamagitan ng salita ni Yahweh,
sinasabing, “Isama mo siya pabalik sa iyong bahay, para
maaari siyang kumain at uminom ng tubig.” Pero siya ay
nagsisinungaling sa lingkod ng Diyos. **19** Kaya sumama
ang lingkod ng Diyos sa matandang propeta at kumain sa
kaniyang tahanan at uminom ng tubig. **20** Habang sila ay
nakaupo sa hapagkainan, ang salita ni Yahweh ay dumating
sa propeta na nagdala sa kaniya, **21** at sumigaw siya sa
lingkod ng Diyos na nanggaling mula sa Juda, sinasabing,
“Pinasasabi ni Yahweh, “Dahil sinuway mo ang salita ni
Yahweh at hindi sinunod ang utos na ibinigay sa iyo ni
Yahweh na iyong Diyos, **22** pero bumalik ka at kumain at
uminom ng tubig sa lugar na sinabi niya sa iyo na huwag
kang kakain at iinom ng tubig, hindi maililibing ang iyong
katawan sa libingan ng iyong mga ninuno.” **23** Pagkatapos
niyang kumain at uminom, inihanda ng propeta ang asno
ng lingkod ng Diyos, ang lalaking bumalik kasama niya. **24**

Nang makaalis na ang lingkod ng Diyos, isang leon ang
nasalubong niya sa daan at pinatay siya, at ang katawan
niya ay naiwan sa daanan. Pagkatapos nakatayo ang asno
sa tabi nito at nakatayo din ang leon sa katawan nito. 25
Nang napadaan ang mga tao at nakita ang naiwang katawan
sa daanan, at ang nakatayong leon sa tabi ng katawan, sila
ay dumating at ibinalita ito sa lungsod kung saan nanirahan
ang matandang propeta. 26 Nang marinig ito ng propeta
na nagdala pabalik sa kaniya mula sa daanan, sinabi niya,
"Ito ang lingkod ng Diyos na lumabag sa salita ni Yahweh.
Kaya siya ay ibinigay ni Yahweh sa leon, na nilapa ng pira-
piraso at pinatay siya, tulad lamang ng salita ni Yahweh na
nagbabala sa kaniya. 27 Kaya nagsalita ang matandang
propeta sa mga anak niyang lalaki, na sinasabing, "Ihanda
ang aking asno," at inihanda nila ito. 28 Siya ay nagpunta at
nakitang naiwan ang katawan sa daanan, at nakabantay ang
asno at leon sa tabi ng bangkay. Hindi kinain ng leon ang
bangkay, ni sinaktan ang asno. 29 Kinuha ng propeta ang
bangkay ng lingkod ng Diyos, isinakay ito sa asno at dinala
ito pabalik. Dumating siya sa sarili niyang lungsod para
magluksa at para siya ay ilibing. 30 Inilibing niya ang bangkay
sa sarili niyang libingan, at sila ay nagluksa sa kaniya, na
sinasabing, "Kaawa-awa ka, aking kapatid na lalaki!" 31
Nang siya ay mailibing na niya, nagsalita ang matandang
propeta sa kaniyang mga anak na lalaki, na sinasabing,
"Kapag ako ay namatay ilibing ninyo ako sa libingan kung
saan inilibing ang lingkod ng Diyos. Ilagay ninyo ang aking
mga buto sa tabi ng kaniyang mga buto. 32 Dahil kung ano
ang kaniyang sinabi nang siya ay nagpahayag ng salita
ni Yahweh laban sa altar sa Bethel, at laban sa lahat ng
templo sa mga dambana sa mga lungsod ng Samaria, ay
siguradong matutupad." 33 Pagkatapos nito hindi nagbago si
Jeroboam mula sa kaniyang masasamang gawain, pero
patuloy pa rin siyang naghirang ng mga pari para sa mga
dambana mula sa kalagitnaan ng buong bayan. Ginawa
niyang banal ang sinumang nais maglingkod, na maaaring
maging mga pari sa mga dambana. 34 Ang bagay na ito ay
naging kasalanan sa pamilya ni Jeroboam at naging dahilan
na maputol at mawasak ang mga ito sa ibabaw ng daigdig.

**14** Nang panahon na iyon ang anak ni Jeroboam na si
Abias ay nagkasakit. 2 Sinabi ni Jeroboam sa kaniyang
asawa, "Pakiusap bumangon ka at magkunwari, para hindi
ka makilala bilang asawa ko, at pumunta ka sa Silo, dahil
ang propetang si Ahias ay naroroon; siya ang nagsalita
tungkol sa akin, na sinasabing ako ay magiging hari sa
bayang ito. 3 Magdala ka ng sampung tinapay, ilang mga
keyk, at isang garapong pulot, at pumunta ka kay Ahias.
Sasabihin niya sa iyo kung ano ang mangyayari sa bata." 4
Ganoon nga ang ginawa ng asawa ni Jeroboam; umalis
siya at nagpunta sa Silo at dumating sa bahay ni Ahias.
Ngayon hindi na nakakakita si Ahias, siya ay bulag na
dahil sa kaniyang edad. 5 Sinabi ni Yahweh kay Ahias,
"Masdan mo, darating ang asawa ni Jeroboam para humingi
ng payo mula sa iyo tungkol sa kaniyang anak na lalaki,
dahil siya ay may sakit. Sabihin mo sa kaniya ang ganoon
at ganito, dahil kapag siya ay dumating, magkukunwari
siyang parang siya ay ibang babae." 6 Nang marinig ni Ahias
ang tunog ng kaniyang yapak habang siya ay pumapasok
sa pintuan, sabi niya, "Pumasok ka, asawa ni Jeroboam.
Bakit ka nagkukunwari na maging isang tao na hindi naman
ikaw iyon? Isinugo ako sa iyo na may mga masamang
balita. 7 Umalis ka, sabihin mo kay Jeroboam na si Yahweh,
ang Diyos ng Israel, ay nagsasabing, "Itinaas kita mula sa
kalagitnaan ng bayan para gawin kang pinuno ng aking
bayang Israel. 8 Inalis ko ang kaharian mula sa pamilya
ni David at ibinigay ko sa iyo, gayon man hindi ka naging
tulad ni David na aking lingkod, na tumupad sa aking mga
utos at sumunod sa akin ng buong puso niya, at gawin
lamang kung ano ang matuwid sa aking mga paningin.
9 Sa halip, ginawa mo ang kasamaan, higit sa lahat ng
nauna sa iyo. Gumawa ka ng ibang mga diyos, at hinulmang
mga imaheng bakal para galitin ako, at sinaksak mo ako
sa aking likuran. 10 Kaya, pagmasdan mo, magpapadala
ako ng kapahamakan sa iyong pamilya; puputulin ko mula
sa iyo ang bawat batang lalaki sa Israel, maging alipin o
malaya, at ganap na tatanggalin ang iyong pamilya, tulad
ng isang tao na nagsusunog ng dumi hanggang ito ay
maglaho na. 11 Sinuman na kabilang sa iyong pamilya na
namatay sa lungsod ay kakainin ng mga aso, at sinumang
mga namatay sa bukid ay kakainin ng mga ibon ng mga
kalangitan, dahil ako, si Yahweh, ang nagsabi nito. 12 Kaya
tumindig ka, asawa ni Jeroboam, at bumalik ka sa iyong
tahanan, kapag pumasok ka sa lungsod, ang anak mong si
Abias ay mamamatay. 13 Ipagluluksa siya ng buong Israel at
siya ay ililibing. Siya lamang ang tanging mula sa pamilya
ni Jeroboam ang mapupunta sa isang libingan, dahil sa
kaniya lamang, mula sa sambahayan ni Jeroboam, ay may
mabubuting bagay na natagpuan sa paningin ni Yahweh, ang
Diyos ng Israel. 14 Gayundin, si Yahweh ay magtatalaga ng
isang hari ng Israel na magpuputol sa pamilya ni Jeroboam
sa araw na iyon. Ngayon na ang araw na iyon, ngayon na. 15
Dahil lilipulin ni Yahweh ang Israel tulad ng isang halamang
tambo na nililiglig sa tubig, at bubunutin niya ang Israel sa
masaganang lupain na ito na ibinigay niya sa kanilang mga
ninuno. Sila ay kaniyang ikakalat sa kabila ng ilog Eufrates,
dahil gumawa sila ng mga poste ni Asera at ginalit nila
si Yahweh. 16 Pababayaan niya ang Israel dahil sa mga
kasalanan ni Jeroboam, ang mga kasalanan na kaniyang

ginawa, at sa pamamagitan na nagdulot ng kasalanan sa
bayang Israel para magkasala." 17 Kaya tumindig at umalis
ang asawa ni Jeroboam, at dumating sa Tirsa. Pagdating
niya sa bungad ng pintuan ng kaniyang bahay, namatay
ang bata. 18 Inilibing siya ng buong bayan ng Israel at
ipinagluksa siya, tulad lamang ng pagkakasabi sa kanila sa
pamamagitan ng salita ni Yahweh na kaniyang sinabi sa
pamamagitan ng lingkod niyang si propeta Ahias. 19 Sa
iba pang mga bagay tungkol kay Jeroboam, kung paano
siya nakipagdigma at paano siya naghari, tingnan, sila ay
nakasulat Sa Aklat ng mga Kaganapan ng mga Hari ng
Israel. 20 Naghari si Jeroboam ng dalawampu't-dalawang
taon at pagkatapos humimlay siyang kasama ang kaniyang
mga ninuno, at si Nadab na kaniyang anak na lalaki ang
naging hari na humalili sa kaniya. 21 Ngayon si Rehoboam
na anak ni Solomon ang naghahari sa Juda. Si Rehoboam
ay apatnapu't-isang taong gulang noong siya ay naging hari,
at siya ay labing pitong taong naghari sa Jerrusalem, ang
lungsod na pinili ni Yahweh sa lahat ng mga lipi ng Israel para
ilagay ang kaniyang pangalan. Ang pangalan ng kaniyang
ina ay Naama na taga-Ammon. 22 Gumawa ng kasamaan
ang Juda sa paningin ni Yahweh; nagbunsod sa kaniya
para siya ay magselos sa mga kasalanang ginawa nila, higit
pa sa lahat ng bagay na nagawa ng kanilang ninuno. 23
Dahil sila ay nagtayo rin ng mga dambana, mga sagradong
haliging bato, at poste ni Asera sa bawat matataas na burol
at sa ilalim ng bawat luntiang puno. 24 Mayroon ding mga
kultong bayarang lalaki at babae sa lupain. Ginawa din
nila ang mga kasuklam-suklam na bagay na ginawa ng
mga bansa, na pinalayas ni Yahweh sa harapan ng bayang
Israel. 25 Nangyari nang ika-limang taon ng paghahari ni
Haring Rehoboam na sinalakay ni Shishak hari ng Ehipto
ang Jerusalem. 26 Kinuha niya ang mga kayamanan sa
bahay ni Yahweh, at ang mga kayamanan sa bahay ng hari.
Sinamsam niya ang lahat ng bagay; kinuha niya rin ang lahat
ng mga gintong kalasag na ginawa ni Solomon. 27 Gumawa
ng mga tansong kalasag si Haring Rehoboam kapalit nila at
ipinagkatiwala sila sa mga kamay ng mga pinuno ng bantay,
na nagbabantay ng pintuan sa bahay ng hari. 28 Ito ay
nangyayari kapag pumapasok ang hari sa bahay ni Yahweh,
dala-dala ito ng mga bantay; pagkatapos sila ay ibabalik
nila sa himpilan ng bantay. 29 Para sa iba pang mga bagay
tungkol kay Rehoboam, at sa lahat ng ginawa niya, hindi ba
nasusulat sila sa Ang Aklat ng mga Kaganapan ng mga Hari
ng Juda? 30 Mayroong patuloy na digmaan sa pagitan ng
sambahayan ni Rehoboam at sa sambahayan ni Jeroboam.
31 Kaya humimlay si Rehoboam kasama ng kaniyang mga
ninuno at inilibing kasama nila sa lungsod ni David. Ang
pangalan ng kaniyang ina ay Naama na Ammonita. Si Abias
na kaniyang anak na lalaki ang naging hari na kaniyang
kahalili.

**15** Sa ika labing-walong taon ng paghahari ni Haring
Jeroboam anak ni Nebat, si Abiam ay nagsimulang
maghari sa Juda. 2 Siya ay naghari sa Jerusalem sa loob ng
tatlong taon. Ang pangalan ng kanyang ina ay Maaca, ang
anak ni Absalom. 3 Lumakad siya ayon sa mga kasalanan
ng mga nauna sa kaniya; ang kaniyang puso ay hindi
nakalaan kay Yahweh na kaniyang Diyos na tulad ng puso
ni David, na kaniyang ninuno. 4 Ganumpaman, alang-alang
kay David, binigyan siya ni Yahweh ng ilawan sa Jerusalem
sa pamamagitan ng pagtataguyod sa kaniyang anak para
palakasin ang Jerusalem. 5 Ginawa ito ng Diyos dahil ginawa
ni David ang tama sa kaniyang paningin; sa buong buhay
niya hindi siya tumalikod sa anumang inutos sa kaniya,
maliban na lang sa ginawa niya kay Urias na Hiteo. 6 Sa
kasalukuyan, may digmaan sa pagitan nila Rehoboam at
Jeroboam sa buong buhay ni Abiam. 7 At sa iba pang mga
bagay tungkol kay Abiam, ang lahat ng kaniyang ginawa,
hindi ba naisulat ang mga ito sa Aklat ng mga Kaganapan
sa Buhay ng mga Hari ng Judah? Nagkaroon ng digmaan sa
pagitan ni Abiam at Jeroboam. 8 Nahimlay si Abiam sa piling
ng kaniyang mga ninuno, at inilibing siya sa lungsod ni David.
Si Asa na kaniyang anak ang naging hari kapalit niya. 9 Sa
ika-dalawampung taon ni Jeroboam, hari ng Israel, si Asa ay
nagsimulang mamuno sa Juda. 10 Siya ay namuno sa loob
ng apatnapu't isang taon sa Jerusalem. Ang pangalan ng
kaniyang lola ay Maaca, na siyang anak ni Absalom. 11
Ginawa ni Asa ang tama sa paningin ni Yahweh, na tulad ng
ginawa ni David, na kaniyang ninuno. 12 Pinalayas niya ang
mga lalakeng bayaran sa mga dambana mula sa lupain at
tinanggal ang lahat ng mga diyus-diyosan na ginawa ng
kaniyang mga ninuno. 13 Tinanggal niya rin si Maaca, ang
kaniyang lola sa pagiging reyna dahil gumawa ito ng isang
kasuklam-suklam na rebulto mula sa poste ni Asera. Pinutol
ni Asa ang kasuklam-suklam na rebulto at saka sinunog sa
Lambak ng Kidron. 14 Pero ang mga dambana ay nanatiling
nakatayo. Ganumpaman, ang puso ni Asa ay ganap na
nakalaan kay Yahweh sa buong buhay niya. 15 Dinala niya
sa tahanan ni Yahweh ang lahat ng mga bagay na inihandog
ng kaniyang ama at ang kaniyang mga handog kay Yahweh,
mga bagay na gawa sa ginto at pilak. 16 May digmaan sa
pagitan nila Asa at Baasa na hari ng Israel, sa buong buhay
nila. 17 Mapangahas na kumilos si Baasa na hari ng Israel
laban sa Juda at itinayo ang Rama, para mapigilan niya
ang sinuman na makapasok o makalabas sa lupain ni Asa
hari ng Juda. 18 Kaya kinuha ni Asa ang lahat ng mga pilak
at ginto sa taguan ng mga kayamanan ng templo at ng
palasyo ng hari. Inabot niya ito sa kamay ng kaniyang mga

lingkod at inutusan silang dalhin ito kay Ben Hadad, anak ni
Tabrimon anak ni Hezion, ang hari ng Aram na nakatira sa
Damasco. **19** Sinabi niya, “Magkaroon tayo ng kasunduan,
na tulad ng kasunduan na mayroon ang mga ama natin.
Tingnan mo, pinadalhan kita ng mga pilak at ginto. Putulin
mo na ang kasunduan mo kay Baasa na Hari ng Israel, para
hayaan na niya ako.” **20** Nakinig si Ben Hadad kay Haring
Asa at ipinadala ang mga pinuno ng kaniyang mga hukbo, at
kanilang sinalakay ang mga lungsod sa Israel. Sinalakay
nila ang Ijon, Dan, Abel Bet Maaca, at ang buong Cineret,
kasama ng lahat ng lupain ng Neftali. **21** Nang marinig ito ni
Haring Baasa, itinigil niya ang pagtayo ng Rama at bumalik
sa Tirza. **22** At gumawa ng proklamasyon para sa buong
Juda si Haring Asa. Walang sinuman ang hindi sakop nito.
Dinala nila ang lahat ng mga troso at mga bato na ginagamit
ni Haring Baasa para itayo ang Rama. Ginamit ni Haring Asa
ang mga ito para itayo ang Geba ng Benjamin at Mizpah. **23**
At sa iba pang mga bagay tungkol kay Asa, ang kaniyang
kadakilaan, ang lahat ng kaniyang ginawa, ang lahat ng
mga lungsod na kaniyang itinayo, hindi ba naisulat ang mga
ito sa Aklat ng mga Kaganapan sa Buhay ng mga Hari ng
Juda? Pero nang siya ay tumanda na, nagkaroon siya ng
sakit sa paa. **24** At si Asa ay nahimlay kasama ang kaniyang
mga ninuno at inilibing sa lungsod ni David na kaniyang
ama. Si Jehosafat na kaniyang anak ang naging hari kapalit
niya. **25** Si Nadab na anak ni Jeroboam ang naging hari ng
Israel noong ikalawang taon ng paghahari ni Asa sa Juda;
naghari siya sa Israel ng dalawang taon. **26** Ginawa niya
ang masama sa paningin ni Yahweh at sumunod sa yapak
ng kaniyang ama, at sa kaniyang sariling kasalanan, na
humikayat sa buong Israel para magkasala. **27** Nagplano ng
pagtataksil laban kay Nadab si Baasa na anak ni Ahias na
mula sa pamilya ni Isacar; pinatay siya ni Baasa sa Gibeton,
na sakop ng Filisteo, dahil sina Nadab at ang buong Israel
ay lumusob sa Gibeton. **28** Sa ikatlong taon ni haring Asa ng
Juda, pinatay ni Baasa si Nadab at naging hari kapalit niya.
**29** At nang siya ay naging hari, pinatay ni Baasa ang lahat
ng pamilya ni Jeroboam. Wala siyang iniwang humihinga sa
mga kaapu-apuhan ni Jeroboam; sinira niya ang lipi ng mga
hari sa paraang ito, ayon sa sinabi ni Yahweh kay Ahias ang
taga-Shilo na kaniyang lingkod, **30** para sa mga kasalanan
ni Jeroboam at ang kaniyang pangunguna sa buong Israel
sa pagkakasala dahil ginalit niya si Yahweh, ang Diyos ng
Israel. **31** At sa iba pang mga bagay tungkol kay Nadab,
ang kaniyang mga nagawa, hindi ba ito nasusulat sa Aklat
ng mga Kaganapan sa Buhay ng mga Hari ng Israel? **32**
May digmaan sa pagitan ni Haring Asa at Haring Baasa
ng Israel sa buong buhay nila. **33** Sa ikatlong taon ni Asa
hari ng Judah, nagsimulang maghari sa Israel si Baasa
anak ni Ahias sa Tirza sa loob ng dalwampu't apat na taon.
**34** Ginawa niya ang masama sa paningin ni Yahweh at
lumakad sa yapak ni Jeroboam at sa kaniyang kasalanan na
humikayat sa buong Israel para magkasala.

**16** Dumating ang mensahe ni Yahweh kay Jehu na anak
ni Hanani laban kay Baasa, at nagsabing, **2** “Sa kabila
ng pag-angat ko sa iyo mula sa alikabok at paghirang ko
sa iyo bilang pinuno ng aking bayang Israel, lumakad ka
sa yapak ni Jeroboam at hinimok ang aking bayang Israel
para magkasala, upang magalit ako dahil sa kanilang mga
kasalanan. **3** Tingnan mo, tuluyan kong itataboy si Baasa at
ang kaniyang pamilya, at itutulad ko ang iyong pamilya sa
pamilya ni Jeroboam na anak ni Nebat. **4** Kakainin ng mga
aso ang sinumang nabibilang kay Baasa na mamamatay sa
lungsod, at ang mga ibon sa himpapawid ay kakainin ang
sinumang mamamatay sa mga parang. **5** At sa iba pang mga
bagay tungkol kay Baasa, ang kaniyang mga ginawa, ang
kaniyang kadakilaan, hindi ba ito nasusulat sa Aklat ng mga
Kaganapan sa Buhay ng mga Hari ng Israel? **6** Nahimlay si
Baasa kasama ng kaniyang mga ninuno at inilibing sa Tirza,
at ang kaniyang anak na si Ela ang naging hari kapalit niya.
**7** Kaya dumating ang mensahe ni Yahweh laban kay Baasa
at sa buo niyang pamilya sa pamamagitan ni propetang
Jehu na anak ni Hanani dahil sa mga masasamang bagay
na ginawa ni Baasa sa paningin ni Yahweh, na nagpagalit sa
kaniya sa pamamagitan ng kaniyang mga ginawa na tulad
ng pamilya ni Jeroboam, at dahil sa pagpatay niya sa buong
pamilya ni Jeroboam. **8** Sa ika-dalawampu't anim na taon ni
Asa, hari ng Juda, si Ela na anak ni Baasa ay nagsimulang
maghari sa buong Israel sa Tirza; siya ay naghari sa loob ng
dalawang taon. **9** Ang kaniyang lingkod na si Zimri, ang
pinuno ng kalahati ng kaniyang mga karuwaheng pandigma,
ay nagbalak ng masama laban sa kaniya. Sa panahong
iyon si Ela ay nasa Tirza, na nilalasing ang sarili sa bahay
ni Arza, na namamahala sa buong sambahayan sa Tirza.
**10** Pumasok sa loob si Zimri, sinalakay at pinatay niya si
Ela, at naging hari kapalit niya sa ika-dalawampu't pitong
taon ni Asa hari ng Juda. **11** Noong nagsimulang maghari
si Zimri, pagka-upo niya sa kaniyang trono, pinatay niya
ang lahat ng pamilya ni Baasa. Hindi siya nag-iwan ng
buhay, kahit na isang batang lalaki, maging kamag-anak o
kaibigan ni Baasa. **12** Kaya winasak ni Zimri ang lahat ng
pamilya ni Baasa, na gaya ng sinabi sa kanila ni Yahweh
sa pamamagitan ni Jehu na propeta, **13** dahil sa lahat ng
mga nagawang kasalanan ni Baasa at ng kaniyang anak na
si Ela, at ng dahil sa hinikayat din din nila ang Israel para
magkasala at galitin si Yahweh, ang Diyos ng Israel, nang
dahil sa kanilang mga diyus-diyosan. **14** At sa iba pang mga
bagay tungkol kay Ela, ang lahat ng kaniyang ginawa, hindi

ba naisulat ang mga ito sa Aklat ng mga Kaganapan sa
Buhay ng mga Hari ng Israel? **15** Noong ika-dalawampu't
pitong taon ni Asa hari ng Judah, naghari lamang si Zimri
sa loob ng pitong araw sa Tirzah. Ngayon ang hukbo ay
nagkampo sa Gibeton, na nasa teritoryo ng mga Filisteo. **16**
Narinig ng hukbo na nasa kampo doon na, "Nagtaksil si
Zimri at pinatay niya ang hari." Kaya sa araw na iyon sa
kampo, ang buong Israel ay idineklara si Omri, ang pinuno
ng hukbo, bilang hari sa buong Israel. **17** Pumunta paakyat si
Omri kasama ang buong Israel mula sa Gibeton, at nilusob
ang Tirza. **18** Kaya nang makita ni Zimri na ang lungsod ay
nasakop na, pumunta siya sa tanggulan na nakadugtong sa
palasyo ng hari at sinilaban ang gusali kung nasaan siya, sa
paraang ito namatay siya sa sunog. **19** Ito ay para sa mga
kasalanan na kaniyang ginawa sa paningin ni Yahweh, sa
paglakad sa yapak ni Jeroboam at sa kasalanang kaniyang
mga nagawa, at sa paghimok niya na magkasala ang Israel.
**20** At para naman sa iba pang bagay patungkol kay Zimri, at
sa pag-aklas na ginawa niya, hindi ba nakasulat ang mga
iyon sa Aklat ng mga Kaganapan sa Buhay ng mga Hari
ng Israel? **21** Pagkatapos ang bayan ng Israel ay nahati
sa dalawang bahagi. Sumunod ang kalahati kay Tibni na
anak ni Ginat para gawin siyang hari at ang kalahati ay
sumunod kay Omri. **22** Pero ang mga taong sumunod kay
Omri ay mas malakas kaysa sa mga sumunod kay Tibni
na anak ni Ginat. Kaya namatay si Tibni at si Omri ang
naging hari. **23** Nagsimulang maghari si Omri sa buong
Israel noong ika tatlumpu't isang taon ni haring Asa sa Juda,
at siya ay naghari ng labindalawalang taon. Naghari siya sa
Tirza ng anim na taon. **24** Binili niya ang bulubundukin ng
Samaria kay Semer sa halagang dalawang talentong pilak.
Nagtayo siya ng lungsod sa bulubundukin at tinawag niya
itong Samaria, ayon sa pangalan ni Semer, ang dating may-
ari ng bulubundukin. **25** Ginawa ni Omri ang masamang
bagay sa paningin ni Yahweh at naging masahol pa sa mga
nauna sa kaniya. **26** Dahil sa pagsunod niya sa yapak ni
Jeroboam na anak ni Nebat at sa kasalanan nito, hinikayat
niya ang Israel sa kasalanan na gumalit kay Yahweh, ang
Diyos ng Israel, dahil sa kanilang mga diyus-diyosan. **27**
At para sa iba pang mga bagay na ginawa ni Omri, at ang
lakas ng puwersa na pinakita niya, hindi ba nakasulat ang
mga ito sa Aklat ng mga Kaganapan sa Buhay ng mga
Hari ng Israel? **28** Pagkatapos, nahimlay si Omri kasama
ng kaniyang mga ninuno at inilibing sa Samaria, si Ahab
na kaniyang anak ang pumalit sa kaniya bilang hari. **29** Sa
ika-tatlumpu't walong taon ng pamumuno ni Haring Asa ng
Juda, si Ahab na anak ni Omri ay naging hari sa buong
Israel. **30** Naghari si Ahab na anak ni Omri sa buong Israel
nang dalawampu't dalawang taon. Gumawa ng masama si
Ahab sa paningin ni Yahweh, na mas masahol pa sa mga
nauna sa kaniya. **31** Bale wala lang sa kaniya ang paglakad
sa yapak ni Jeroboam na anak ni Nebat, kaya ginawa niyang
asawa si Jezebel na anak ni Etbaal, hari ng mga taga-Sidon;
pumunta siya at sinamba si Baal at yumukod sa kaniya. **32**
Nagtayo siya ng altar para kay Baal sa tahanan ni Baal, na
itinayo niya sa Samaria. **33** Nagtayo si Ahab ng poste para
kay Asera. Gumawa si Ahab ng mga bagay na mas masahol
pa sa mga nauna sa kaniya na mas lalong ikinagalit ni
Yahweh, na Diyos ng Israel. **34** Sa kaniyang panahon, tinayo
muli ni Hiel ang Jerico. Tinayo niya ito kapalit ang buhay
ng kaniyang panganay na anak na si Abiram at ginawa
ang mga tarangkahan kapalit ang buhay ni Segub, ang
kaniyang bunso. Ginawa nila ito dahil sinunod nila ang salita
ni Yahweh na sinabi noong panahon ni Josue anak ni Nun.

**17** Sinabihan ni Elias na taga-Tisbe sa Galaad si Ahab,
"Habang si Yahweh, na Diyos ng Israel na aking
kinakatawan, ay totoong buhay, hindi magkakaroon ng
hamog o kaya ulan sa mga susunod na taon hanggang hindi
ko sinasabi." **2** Ang mensahe ng Diyos ay dumating kay
Elias, na nagsasabing, **3** "Lisanin mo ang lugar na ito at
pumunta ka pasilangan; magtago ka sa batis ng Kerit sa
silangan ng Jordan. **4** Mangyayari na iinom ka sa tubig mula
sa batis at inutusan ko ang mga uwak na pakainin ka doon.
**5** Kaya umalis si Elias at ginawa ang inutos ni Yahweh.
Pumunta siya para mamuhay sa batis ng Kerit sa silangan ng
Jordan. **6** Dinalhan siya ng mga uwak ng tinapay at karne sa
umaga at sa gabi, at uminom siya mula sa batis. **7** Pero hindi
katagalan natuyo ang batis dahil hindi umuulan sa lupain. **8**
Dumating ang mensahe ng Diyos sa kaniya na nagsasabing,
**9** "Bumangon ka, pumunta ka sa Sarepta na sakop ng Sidon,
at doon ka manahan. Tingnan mo, inutusan ko ang isang
balo para alagaan ka. **10** Kaya bumangon siya at pumunta
sa Sarepta, at nang makarating siya sa tarangkahan ng
lungsod isang balo ang namumulot ng mga kahoy. Kaya
tinawag niya ito at sinabi, "Pakidalhan mo naman ako ng
kaunting tubig na nasa banga para maka-inom ako." **11**
Habang siya ay papunta para kumuha ng tubig tinawag
siya ni Elias at sinabi, "Pahingi naman ng tinapay na nasa
kamay mo." **12** Sumagot siya, "Si Yahweh na iyong Diyos ay
buhay, wala na akong tinapay, maliban na lang sa isang
dakot ng harina at kaunting mantika sa lalagyan. Tingnan
mo, namulot ako ng dalawang kahoy para lutuin ito para sa
akin at sa anak ko, para kami makakain, at mamatay." **13**
Sinabi ni Elias sa kaniya, "Huwag kang matakot. Pumunta
ka at gawin ang sinabi mo pero magluto ka muna ng maliit
na tinapay at dalhin mo sa akin. At pagkatapos magluto ka
na ng para sa inyo ng anak mo. **14** Dahil sinabi ni Yahweh,
na Diyos ng Israel, "Hindi mauubusan ng laman ang banga

ng harina, maging ang lalagyan ng mantika ay hindi hihinto
sa pagdaloy, hanggang sa magpadala si Yahweh ng ulan sa
buong lupain." **15** Pagkatapos, ginawa niya ang sinabi ni
Elias, at siya, si Elias at ang bata ay kumain nang maraming
araw. **16** Hindi naubos ang harina sa banga maging ang
mantika sa lalagyan ay hindi huminto sa pagdaloy, na siyang
sinabi ni Yahweh sa pamamagitan ni Elias. **17** Pagkatapos
ng mga pangyayaring ito, nagkasakit ang lalaking anak ng
babae, ang babaeng may-ari ng bahay. Napakalubha ng
kaniyang karamdaman na kaniyang ikinamatay. **18** Kaya
sinabi ng kaniyang ina, "Ano ba ang dinala mo laban sa
akin, lingkod ng Diyos? Pumunta ka ba rito para ipaalala ang
aking kasalanan at patayin ang aking anak?" **19** Pagkatapos
sinabi sa kaniya ni Elias, "Ibigay mo sa akin ang iyong anak."
Kinuha ni Elias ang kaniyang anak at dinala sa taas ng
bahay kung saan siya namamalagi, at inilapag ang bata
sa higaan. **20** Tumawag siya kay Yahweh, "Yahweh aking
Diyos, nagdala ka rin ba ng kapahamakan sa balo na aking
tinutuluyan, at pinatay mo ang kaniyang anak?" **21** At inunat
ni Elias nang tatlong beses ang kaniyang sarili sa bata;
tumawag siya kay Yahweh at sinabi, "Yahweh na aking
Diyos, nagmamaka-awa ako sa iyo, ibalik mo ang buhay ng
batang ito." **22** Pinakinggan ni Yahweh ang tinig ni Elias; ang
hininga ng bata ay bumalik sa kanya, at siya ay nabuhay
muli. **23** Kinuha niya ang bata at binaba sa bahay mula
sa silidat sinabi, "Tingnan mo, buhay ang iyong anak." **24**
Sumagot ang babae kay Elias, "Alam ko na ngayon na ikaw
ay lingkod ng Diyos, at ang salita ni Yahweh mula sa iyong
bibig ay totoo."

**18** Kaya pagkalipas ng maraming araw ang salita ni
Yahweh ay nakarating kay Elias sa ikatlong taon ng
tagtuyot nagsasabing, "Elias ipakita mo ang iyong sarili
kay Ahab, at magpapadala ako ng ulan sa lupain." **2** At
pumunta si Elias at siya ay nagpakita kay Ahab; ngayon
malubha ang taggutom sa Samaria. **3** Tinawag ni Ahab si
Obadias, ang taga pangasiwa ng palasyo. Sa panahong
iyon labis na pinarangalan ni Obadias si Yahweh, **4** dahil
nang ipinapapatay ni Jezebel ang mga propeta ni Yahweh,
sinama ni Obadias ang isandaang propeta at itinago niya
sila ng tig limampo sa isang kuweba, at pinakain niya sila ng
tinapay at tubig. **5** Sinabi ni Ahab kay Obadias, "Lumibot ka
sa lupain sa lahat ng mga bukal ng tubig at batis. Marahil
tayo ay makakahanap ng damo at maililigtas ang mga
kabayo at mga asno para hindi tayo maubusan ng lahat ng
hayop." **6** Kaya hinati nila ang lupaing kanilang lalakaran
at humanap ng tubig. Si Ahab ay naglakad mag isa, at si
Obadias ay umiba ng daan. **7** Habang si Obadias ay nasa
daan, hindi inaasahan nasalubong siya ni Elias. Nakilala siya
ni Obadias at nagpatirapa sa lupa. Kaniyang sinabi, "ikaw
ba ito, ang panginoon kong si Elias?" **8** Sumagot si Elias,
"Ako nga ito. Pumunta ka at sabihin mo sa iyong panginoon,
'Masdan narito, si Elias.'" **9** Sumagot si Obadias, "Paano ako
nagkasala upang ibibigay ang iyong lingkod sa kamay ni
Ahab, para patayin niya ako? **10** Si Yahweh ang iyong Diyos
ay buhay, walang bansa o kaharian na kung saan ang aking
panginoon ay hindi nagsugo ng kalalakihan para hanapin ka.
Kapag ang isang bansa o kaharian ay nagsasabi, 'Wala
rito si Elias,' pinasusumpa sila ni Ahab na hindi ka nila
mahanap. **11** Pero ngayon iyong sinasabi, 'Pumunta ka,
at sabihin mo sa panginoon mo na narito si Elias.' **12** Sa
sandaling ako ay mawalay sa iyo, ikaw ay kaagad daldalhin
ng Espiritu ni Yahweh sa isang lugar na hindi ko alam.
Kapag ako ay pumunta at sabihin kay Ahab, at kung hindi ka
niya makita, papatayin niya ako. Subalit ako, iyong lingkod,
ay sumamba kay Yahweh mula pa sa aking kabataan. **13**
Hindi ba sinabi sa inyo, aking panginoon, kung ano ang
aking ginawa nang patayin ni Jezebel ang mga propeta ni
Yahweh, kung paanong tinago ko ang isang daan na propeta
ni Yahweh, tiglampu sa isang kuweba at pinakain ko sila ng
tinapay at tubig? **14** At ngayon sinasabi mo, 'Pumunta ka
at sabihin mo sa iyong panginoon na narito si Elias', kaya
papatayin niya ako." **15** Sumagot si Elias, "Buhay si Yahweh
ng mga hukbo, sa harapan niya ako ay nakatayo, tinitiyak ko
na ipapakita ko ang aking sarili kay Ahab ngayon." **16** Kaya
si Obadias ay nagpunta para makipagkita kay Ahab; sinabi
niya sa kaniya, at nagpunta si Ahab para makipagkita kay
Elias. **17** Nang makita ni Ahab si Elias, sinabi niya sa kaniya,
"ikaw ba ito, ikaw na gumagawa ng kaguluhan sa Israel?"
**18** At sumagot si Elias, "Hindi ko ginulo ang Israel, pero
ikaw at ang sambahayan ng iyong ama ang nanggugulo sa
pamamagitan ng pagtalikod sa mga utos ni Yahweh at sa
pagsunod sa mga diyus-diyosan ni Baal. **19** Kaya ngayon,
magpasabi ka at tipunin sa akin ang buong Isarel sa Bundok
Carmelo, kasama ang 450 propeta ni Baal at apat na raang
propeta ni Asera, na kumakain sa lamesa ni Jezebel." **20**
Kaya nagpasabi si Ahab sa lahat ng tao sa Israel at tinipon
ang mga propetang magkakasama sa Bundok Carmelo. **21**
Si Elias ay lumapit sa lahat ng tao at sinabi niya, "Gaano
katagal ninyong babaguhin ang inyong kaisipan? Kung si
Yahweh ay Diyos, sumunod kayo sa kaniya. Ngunit kung si
Baal ay Diyos, sundin siya." Subalit ang mga tao ay hindi
sumagot sa kaniya kahit isang salita. **22** Pagkatapos sinabi
ni Elias sa mga tao, "Ako, ako lamang, ang natitira bilang
propeta ni Yahweh, pero ang mga propeta ni Baal ay 450
kalalakihan. **23** Kaya hayaang bigyan nila tayo ng dalawang
toro. Hayaan silang pumili ng isang toro para sa kanilang
sarili at putulin ito ng pira-piraso, at ilalatag sa kahoy, pero
huwag lalagyan ng apoy sa ilalim nito. Pagkatapos ihahanda

ang isang pang toro at ilalatag sa kahoy, at huwag lalagyan
ng apoy sa ilalim nito. 24 Pagkatapos tatawagin ninyo ang
pangalan ng inyong diyos, at ako ay tatawag sa pangalan
ni Yahweh, at ang Diyos na sasagot sa pamamagitan ng
apoy, siya ang magiging Diyos." Kaya ang lahat ng tao ay
sumagot, at sinabi, "Mabuti ito." 25 Kaya sinabi ni Elias sa
mga propeta ni Baal, "Pumili kayo ng isang toro para sa inyo
at mauna na itong ihanda, dahil kayo ay marami. Pagkatapos
tumawag kayo sa inyong diyos, pero huwag ninyong lagyan
ng apoy ang ilalim ng toro." 26 At kanilang kinuha ang toro na
nakalaan sa kanila at inihanda ito, at tinawag ang pangalan
ni Baal mula umaga hanggang sa katanghaliang tapat,
sinasabi, "Baal, pakinggan mo kami. "Pero walang tinig, o
sinumang sumagot. Sila ay nagsayaw sa paligid ng altar na
kanilang ginawa. 27 Sa kinatanghalian tapat kinutya sila ni
Elias at sinabi, "Sumigaw kayo ng malakas! Siya ay diyos!
Marahil siya ay nagiisip, o siya ay nasa palikuran, o siya
ay nasa isang paglalakbay, o marahil siya ay natutulog at
dapat siyang gisingin. 28 "Kaya sila ay sumigaw pa ng mas
malakas, at hiniwa nila ang kanilang sarili, tulad ng kanilang
ginagawa, gamit ang mga espada at mga sibat, hanggang
sa umagos ang dugo sa kanilang sarili. 29 Lumipas ang
tanghaling tapat, at sila ay nahihibang pa rin hanggang sa
oras ng pag-aalay handog na pang gabi, pero walang boses
o sinumang sumasagot; wala kahit sino ang nagbigay pansin
sa kanilang mga pagsusumamo. 30 Pagkatapos sinabi ni
Elias sa lahat ng tao, "Lumapit kayo sa akin," at ang lahat ng
tao ay lumapit sa kaniya. Pagkatapos kaniyang inayos ang
altar ni Yahweh na nasira. 31 Kumuha si Elias ng labing
dalawang bato, ang bawat bato na kumakatawan sa mga lipi
ng mga anak ni Jacob — ito ay kay Jacob na ang salita ni
Yahweh ay dumating, sinasabi, Israel ang magiging iyong
pangalan." 32 Sa pamamagitan ng mga bato ay kaniyang
tinayo ang altar sa pangalan ni Yahweh, at humukay siya ng
isang kanal sa palibot ng altar na ang laki tama lang para
magkasya ang dalawang salop na mga binhi. 33 Pagkatapos
kaniyang inilagay ang kahoy para sa apoy at ang toro ay
pinutol sa piraso, at ipinatong ang mga pira-piraso sa ibabaw
ng kahoy. At kaniyang sinabi,"Punuin ninyo ang apat na
tapayan ng tubig at ibuhos ninyo sa handog na susunugin
at sa kahoy." 34 At kaniyang sinabi, "Gawin ninyo ito ng
pangalawang ulit," at kanilang ginawa ito sa pangalawang
ulit, pagkatapos sinabi niya, "Gawin ninyo ito sa pangatlong
ulit," at kanilang ginawa ito sa pangatlong ulit. 35 Ang tubig
ay umagos sa palibot ng altar at napuno ang kanal. 36 Ito
ang naganap sa oras ng pag-aalay ng pang gabing handog,
si Elias na propeta ay lumapit at sinabi, "Yahweh, na Diyos
ni Abraham, ni Isaac, at ng Israel, hayaang malaman sa
araw na ito na ikaw ang Diyos sa Israel, at ako ang iyong
lingkod, at aking ginagawa ang lahat ng bagay sa iyong
salita. 37 Pakinggan mo ako, O Yahweh, pakinggan mo ako,
para malaman ng mga tao na ikaw, Yahweh, ay Diyos, at
iyong ibabalik muli ang kanilang puso sa iyong sarili." 38
Pagkatapos kaagad ang apoy ni Yahweh ay bumaba, at
tinupok ang handog na susunugin, maging ang kahoy, ang
mga bato, at ang lupa, at tinuyo ang tubig na nasa kanal. 39
Nang makita ng buong bayan ito, sila ay nagpatirapa sa
lupa at sinabi, "Si Yahweh, siya ay Diyos! Si Yahweh, siya
Diyos!" 40 Kaya sinabi ni Elias sa kanila, "Dalhin ninyo ang
mga propeta ni Baal. Huwag hayaang makatakas ni isa sa
kanila"' Kaya kinuha sila, at dinala ni Elias ang mga propeta
ni Baal sa ibaba ng batis ng Cison at pinatay sila roon. 41
Sinabi ni Elias kay Ahab, "Bumangon ka, kumain at uminom,
sapagkat may ingay ng malakas na ulan. 42 Kaya si Ahab ay
bumangon para kumain at para uminom. Pagkatapos si Elias
ay nagpunta sa tuktok ng Carmelo, siya ay yumukod sa lupa,
at inilagay ang kaniyang mukha sa pagitan ng kaniyang mga
tuhod. 43 Kaniyang sinabi sa kaniyang lingkod, "Pumanhik
ka ngayon, tumingin ka sa gawing dagat." Ang kaniyang
lingkod ay pumanhik at tumingin at sinabi, "Wala naman."
Kaya sinabi ni Elias, "Pumunta ka muli, ng pitong ulit." 44
Sa ikapitong ulit sinabi ng lingkod, "Tingnan mo, may isang
ulap na umakyat mula sa dagat, na kasingliit ng kamay ng
isang tao." Sumagot si Elias, "Pumunta ka at sabihin mo kay
Ahab, 'Ihanda mo ang iyong karwahe, at bumaba bago ka
mapigilan ng ulan.'" 45 Di nagtagal ito ay nangyari na ang
kalangitan ay nagdilim sa mga ulap at hangin, at bumuhos
ng napakalakas na ulan. Sumakay si Ahab at nagpunta kay
Jezreel, 46 pero ang kamay ni Yahweh ay na kay Elias.
Sinuksok niya ang kaniyang balabal sa kaniyang sinturon at
naunang tumakbo kay Ahab sa pasukan ng Jezreel.

**19** Sinabi ni Ahab kay Jezebel ang lahat ng ginawa
ni Elias, at kung paano niya pinatay ang lahat ng
mga propeta sa pamamagitan ng espada. 2 Pagkatapos
nagpadala si Jezebel ng isang mensahero kay Elias, na
nagsasabing, "Nawa'y gawin sa aking ng mga diyos, ang
higit pang masama, kung hindi ko gagawin ang buhay mo
tulad ng buhay ng isa sa mga patay na propeta sa ganitong
oras bukas." 3 Nang marinig iyon ni Elias, bumangon siya at
umalis para sa kaniyang buhay at pumuta sa Beer-seba, na
bahagi ng Juda, at iniwan ang kaniyang mga lingkod doon.
4 Pero mag-isa lamang siyang naglakbay ng isang araw
patungo sa ilang, at dumating at umupo siya sa ilalim ng
isang puno ng retama. Hiniling niya para sa kaniyang sarili
na maaari na siyang mamatay, at sinabing, "Sobra na ito,
Yahweh; kunin mo na ang aking buhay, dahil hindi ako higit
kaysa sa aking mga patay na ninuno" 5 Kaya humiga siya at
natulog sa ilalim ng puno ng retama; sa hindi inaasahan

isang anghel ang humawak sa kaniya at sinabi sa kaniya,
“Bumangon ka at kumain.” 6 Tumingin si Elias, at malapit sa
kaniyang ulunan ay mayroong tinapay na niluto sa uling
at isang pitsel ng tubig. Kaya kinain niya ito at ininom at
muling humiga. 7 Sa pangalawang pagkakataon muling
bumalik ang anghel ni Yahweh at hinawakan siya at sinabi,
“Bumangon ka at kumain, dahil ang iyong paglalakbay ay
higit na mas mahirap para sa iyo.” 8 Kaya siya ay tumayo at
kumain at uminom, at naglakbay siya sa lakas na mula sa
pagkain sa apatnapung araw at apatnapung gabi sa Horeb,
na bundok ng Diyos. 9 Nagpunta siya sa kuweba doon at
nanatili roon. Pagkatapos dumating ang salita ni Yahweh
sa kaniya at sinabi sa kaniya, “Ano ang ginagawa mo dito
Elias?” 10 Sumagot si Elias, “Naging napakamasigasig ako
para sa iyo Yahweh, Diyos ng mga hukbo, para sa bayan ng
Israel na tinalikuran ang iyong tipan, sinira ang iyong mga
altar, at pinatay ang iyong mga propeta sa pamamagitan ng
espada. Ngayon ako, ako nalang, ang natira at gusto nila
akong patayin.” 11 Sumagot si Yahweh, “Lumabas ka at
tumayo sa bundok sa aking harapan.” Pagkatapos dumaan
si Yahweh, at isang napakalakas na hangin ang humampas
sa mga bundok at pinagpira-piraso ang mga bato sa harapan
ni Yahweh, pero si Yahweh ay wala sa hangin. Pagkatapos
ng malakas na hangin, isang lindol ang dumating, pero wala
si Yahweh sa lindol. 12 Pagkatapos ng lindol isang apoy ang
dumating, pero si Yahweh ay wala sa apoy. Pagkatapos
ng apoy, isang maliit na boses ang dumating. 13 Nang
marinig ni Elias ang boses, binalot niya ang kaniyang mukha
ng kaniyang balabal, lumabas, at tumayo sa pasukan ng
kuweba. Pagkatapos isang boses ang dumating sa kaniya na
nagsabing, “Ano ang ginagawa mo dito Elias?” 14 Sumagot
si Elias, “Naging napakamasigasig ako para sa iyo Yahweh,
Diyos ng mga hukbo, dahil ang bayan ng Israel ay tinalikuran
ang iyong tipan, sinira ang iyong mga altar, at pinatay ang
iyong mga propeta sa pamamagitan ng espada. Ngayon
mag-isa nalang akong natira at gusto nilang akong patayin.”
15 Pagkatapos sinabi sa kaniya ni Yahweh, “Bumalik ka sa
daan patungo sa ilang ng Damasco, at kapag nakarating
ka doon itatalaga mo si Hazael bilang hari ng Aram, 16
at itatalaga mo si Jehu anak ni Nimshi na maging hari sa
Israel, at itatalaga mo si Eliseo anak na lalaki ni Shafat ng
Abel Mehola na maging propeta kapalit mo. 17 Mangyayari
na papatayin ni Jehu ang sinumang makakatakas mula sa
espada ni Hazael, at papatayin ni Eliseo ang sinumang
makakatakas mula sa espada ni Jehu. 18 Pero mag-iiwan
ako para sa aking sarili ng pitong libong mamamayan ng
Israel, na ang mga tuhod ay hindi pa lumuluhod kay Baal,
at ang mga bibig ay hindi pa humahalik sa kaniya.” 19
Kaya umalis si Elias mula roon at natagpuan si Eliseo
anak na lalaki ni Shafat, na nag-aararo ng labindalawang
pamatok na mga baka sa kaniyang harapan, at siya ang
nag-aararo sa ika-labindalawang pamatok. Lumakad si Elias
papalapit kay Eliseo at binalot ang dulo ng kaniyang balabal
sa kaniya. 20 Pagkatapos iniwan ni Eliseo ang mga baka at
sumunod kay Elias; sinabi niya, “Pakiusap hayaan mong
humalik ako sa aking ama at aking ina, at pagkatapos ako
ay susunod sa iyo.” Pagkapos sinabi ni Elias sa kaniya,
“Bumalik ka, pero isipin mo kung ano ang ginawa ko sa
iyo.” 21 Kaya bumalik si Eliseo mula kay Elias at inalis ang
ang pamatok ng mga baka, pinatay ang mga hayop, niluto
ang karne sa pamamagitan ng kahoy mula sa pamatok ng
baka at pagkatapos binigay niya ito sa mga tao at kanilang
kinain. Pagkatapos tumayo siya, at sumunod kay Elias, at
naglingkod siya sa kaniya.

**20** Sama-samang tinipon ni Ben Hadad ang hari sa Aram
ang kaniyang buong hukbo; kung saan tatlumput
dalawang mababababang hari na kasama niya, at mga kabayo
at mga karwaheng pandigma. Siya ay nagpunta, at kinubkob
ang Samaria, at nakipaglabanan dito. 2 Siya ay nagpadala
ng mga mensahero sa lungsod kay Ahab sa hari ng Israel,
at sinabi sa kaniya, “Sinasabi ito ni Ben Hadad: 3 Ang iyong
pilak at ang iyong ginto ay akin. Gayon din ang iyong asawa
at ng inyong mga anak, ang mga pinakamahusay, ay akin
na ngayon.”' 4 Ang hari ng Israel ay sumagot at sinabi,
“Ito ay ayon sa iyong sinasabi, panginoon ko, aking hari.
Ako at lahat ng akin ay sa iyo.” 5 Ang mga mensahero ay
bumalik at sinabi, “Sinasabi ito ni Ben Hadad, 'Nagpadala
ako ng liham sa iyo na nagsasabing kailangang ibigay
mo sa akin ang iyong mga pilak, iyong mga ginto, ang
iyong mga asawa, at iyong mga anak. 6 Pero ipadadala
ko sa iyo ang aking mga lingkod kinabukasan sa ganitong
oras, at kanilang hahalughugin ang iyong bahay at ang
mga bahay ng iyong mga lingkod. Kukunin nila sa sarili
nilang mga kamay at aalisin anuman ang magustuhan ng
kanilang mga mata.”' 7 Sama-samang tinawag ng hari ng
Israel ang lahat ng mga nakatatanda sa lupain at sinabi,
“Pakiusap pansinin at tingnan kung paano ang taong ito ay
humahanap ng gulo. Siya ay nagpasabi sa akin para kunin
aking mga asawa, mga anak, at pilak at ginto, at hindi ako
tumatanggi sa kaniya.” 8 Lahat ng mga nakatatanda at lahat
ng tao sinabi kay Ahab, Huwag mong siyang pakinggan
o pag bigyan sa kanilang mga hinihingi.” 9 Kaya sinabi
ni Ahab sa mga mensahero ni Ben Hadad, “Sabihin sa
aking panginoon ang hari, ''Sang-ayon sa lahat ng sinabi
na iyong lingkod ng una, pero hindi ko matatanggap itong
pangalawang hinihiling.”' Kaya ang mensahero ay umalis
at ibinalik ang sagot kay Ben Hadad. 10 Pagkatapos si
Ben Hadad ay nagpadala ng kaniyang sagot kay Ahab, at

sinabi, “Gawin nawa ng mga diyos ito sa akin at mas higit
pa, kahit na ang mga abo ng Samaria ay magiging sapat
para sa lahat ng tao na susunod sa akin upang magkaroon
ang bawat isa ng isang dakot.” **11** Ang hari ng Israel ay
sumagot at sinabi, “Sabihin ninyo kay Ben Hadad, 'Walang
sinuman ang nagsusuot ng baluti ang kailangan magyabang
na para itong kaniya nang hinuhubad.'” **12** Narinig ni Ben
Hadad ang mensaheng ito habang sila ay nag-iinuman,
siya at ang mga hari sa ilalim niya na nasa kanilang mga
tolda. Inutusan ni Ben Hadad ang kaniyang mga tauhan,
“Ihanay ninyo ang inyong mga sarili sa pakikidigma.” Kaya
inihannda nila ang kanilang sarili sa pakikidigma para lusubin
ang lungsod. **13** Masdan, isang propeta ay lumapit kay
Ahab hari ng Israel at sinabi, “sinasabi ni Yahweh, 'Nakita
mo ba ang lubhang napakaraming hukbo? Tingnan mo,
aking ibibigay ito sa iyong kamay sa araw na ito, at iyong
makikilala na ako si Yahweh.” **14** Sumagot si Ahab, “Sa
pamamagitan nino?” Sumagot at sinasabi ni Yahweh, “Sa
pamamagitan ng mga batang opisyal na naglingkod sa
gobernador sa mga lalawigan.” Pagkatapos sinabi ni Ahab,
“Sino ang magsisimula ng labanan? Sumagot si Yahweh,
“Ikaw.” **15** Pagkatapos tinipon ni Ahab ang mga batang
pinuno na naglilingkod sa gobernador sa mga lalawigan.
Sila ay 232. Pagkatapos ay kaniyang tinipon ang lahat ng
mga sunadalo, ang lahat ng hukbo ng Israel, na may bilang
na pitong libo. **16** Sila ay umalis ng tanghaling tapat. Si
Ben Hadad ay umiinom at lasing sa loob ng kaniyang tolda,
siya at ang tatlongput dalawang mas mababang mga hari
na tumutulong sa kaniya. **17** Ang mga batang pinuno na
naglilingkod sa gobernador sa mga lalawigan ang unang
lumusob. Pagkatapos ipinaalam kay Ben Hadad ng mga
taga-manman na kaniyang ipinidala, “May mga lalaking
dumarating mula sa Samaria.” **18** Sinabi ni Ben Hadad,
“Maging sila ay lalabas para sa kapayapaan o digmaan,
kunin sila ng buhay.” **19** Kaya ang mga batang pinuno
na naglilingkod sa lalawigan ng gobernador ay lumabas
ng lungsod, at ang mga hukbo ay sumunod sa kanila. **20**
Pinatay ng bawat isa ang kaniyang kalaban, at ang mga
Aramina ay tumakas; Hinabol sila ng Israel. Si Ben Hadad
ang hari ng Aram ay tumakas na nakasakay ng kabayo
kasama ang mga ilang mangangabayo. **21** Pagkatapos ang
hari ng Israel ay lumabas at sinalakay ang mga kabayo at
mga karwaheng pandigma at pinatay ang mga maraming
Aramean. **22** Kaya ang propeta ay lumapit sa hari ng Israel
at sinabi sa kaniya, “Umalis ka, at palakasin ang iyong sarili,
at unawain at planuhin ano ang iyong ginagawa, dahil sa
pagbabalik ng taon ang hari ng Aram ay babalik muli laban
sa iyo.” **23** Sinabi ng mga lingkod ng hari ng Aram sa kaniya,
“Ang kanilang diyos ay isang diyos sa mga burol. Kaya sila
ay malakas kaisa sa atin. Pero ngayon labanan natin sila sa
kapatagan, at sigurado doon magiging mas malakas tayo sa
kanila. **24** At gawin mo din ito, alisin mo ang mga hari ang
bawat isa sa kanilang pinamumunuan, sa kani-kaniyang
tungkulin, at maglagay ka ng kapitan ng hukbo na kapalit
nila. **25** Mag-ipon ka ng isang hukbo gaya ng hukbo mong
nawala, kabayo para sa kabayo at karwaheng pandigma
para sa karwaheng pandigma, at tayo ay lalaban sa kanila
sa kapatagan. kaya sigurado tayo ay magiging malakas
kaysa sa kanila.” Kaya si Ben Hadad ay nakinig sa kanilang
payo at ginawa niya ang minungkahi nila. **26** Makaraan ang
simula ng bagong taon, Tinipon ni Ben Hadad ang mga
Aramean at nagpunta sa Aphek para labanan ang Israel.
Ang bayan ng Israel ay tinipon at inarmasan para kalabanin
sila. **27** Ang bayan ng Israel ay nag-kampo sa harapan nila
gaya ng dalawang kawan ng kambing, pero ang kabukiran
ay napuno ng mga Aramean. **28** Pagkatapos isang lingkod
ng Diyos ang lumapit at nagsalita sa hari ng Israel at sinabi,
“Sinasabi ni Yahweh: 'Dahil sinabi ng mga Aramean na si
Yahweh ay diyos ng mga burol, pero hindi siya ang diyos
sa mga lambak, ilalagay ko sa iyong kamay ang malakas
na hukbong ito, at inyong malalaman na ako si Yahweh.'”
**29** Kaya ang mga hukbo ay nagkampo ng magkatapat ng
pitong araw. Pagkatapos sa ikapitong araw ay sinimulan
ang labanan. Ang bayan ng Israel ay pumatay ng isang
daang libong hukbo ng Aramea sa loob ng isang araw.
**30** Ang natira ay tumakas sa Aphek, sa loob ng lungsod,
at nabagsakan ng pader ang dalawangput pitong libong
sundalo na natira. At tumakas si Ben Hadad at nagpunta sa
loob ng lungsod, sa loob ng isang silid. **31** Sinabi ng mga
lingkod kay Ben Hadad, “Tingnan mo ngayon, narinig namin
na ang mga hari ng sambahayan ng Israel ay maawaing mga
hari. Pakiusap hayaan ninyo kaming maglagay ng sako sa
aming mga baywang at lubid sa aming mga ulo at pumunta
sa hari ng Israel. Marahil maari ka pa niyang buhayin. **32**
Kaya naglagay sila ng sako sa kanilang baywang at lubid sa
kanilang mga ulo at pagkatapos pumunta sila sa hari ng
Israel at sinabi, “Sinabi ng iyong lingkod na si Ben Hadad,
'Pakiusap hayaan mo akong mabuhay.'” Sinabi ni Ahab,
“Siya ba ay buhay pa? Siya ay aking kapatid.” **33** Ngayon ang
mga lalaki ay nakikinig sa anumang palatandaan mula kay
Ahab, kaya sila ay mabilis na sumagot sa kaniya, “Oo, ang
iyong kapatid na si Ben Hadad ay buhay pa.” Pagkatapos
sinabi ni Ahab, “Umalis ka at dalhin siya.” Pagkatapos si Ben
Hadad pumunta sa kaniya, at pinasakay siya ni Ahab sa
kaniyang karwahe. **34** Sinabi ni Ben Hadad kay Ahab, “Aking
ibabalik sa iyo ang lungsod na kinuha ng aking ama mula
sa iyong ama, at ikaw ay maaring gagawa para sa iyong
sarili ng mga pamilihan sa Damasco, gaya ng ginagawa

ng aking ama sa Samaria." Sumagot si Ahab, "Hahayan
kitang lumaya dahil sa kasunduang ito." Kaya gumawa ng
kasunduan si Ahab sa kaniya at hinayaan siyang umalis.
**35** May isang lalaki, isa sa mga anak ng propeta, sinabi
sa kaniyang kapwa propeta sa pamamagitan ng salita ni
Yahweh, "Pakiusap saktan mo ako." Pero ang lalaki ay
tumangging saktan siya. **36** Pagkatapos sinabi ng propeta
sa kaniyang kapwa propeta, "Dahil hindi mo sinunod ang
tinig ni Yahweh, sa sandaling iwanan mo ako, isang leon
ang papatay sa iyo." At sandaling iniwan siya ng lalaking
iyon, isang leon ang nakatagpo sa kaniya at pinatay siya.
**37** Pagkatapos nakatagpo ang propeta ng isa pang lalaki
at sinabi, "Pakiusap saktan mo ako." Kaya sinaktan siya
ng lalaki at sinugatan siya. **38** Pagkatapos ang propeta ay
umalis at hinintay ang hari sa daan; siya ay nagpanggap
na may isang benda sa kaniyang mga mata. **39** At nang
dumaan ang hari, sinigawan ng propeta ang hari at sinabi,
"Ang iyong lingkod ay nagmula sa kainitan ng labanan, at
isang sundalo ang huminto at nagdala ng isang kalaban
sa akin at sinabi, 'Bantayan mo ang taong ito. Kung sa
anumang paraan ay makatakas siya, sa gayon ang iyong
buhay ay magiging kapalit ng kaniyang buhay, kung hindi
magbabayad ka ng isang talentong pilak.' **40** Pero dahil ang
iyong lingkod ay abala parito at paroon, ang iyong kalabang
sundalo ay nakatakas." Pagkatapos sinabi ng hari ng Israel
sa kaniya, ito ang iyong magiging kaparusahan - ikaw mismo
ang nagtakda nito. **41** Pagkatapos nagmamadaling inalis ng
propeta ang benda ng kaniyang mga mata, at nakilala siya
ng hari ng Israel na siya ay isa sa mga propeta. **42** Sinabi ng
propeta sa hari, "Sinasabi ni Yahweh, 'Dahil nakawala sa
iyong kamay ang lalake na aking hinatulan ng kamatayan,
ang iyong buhay ay magiging kapalit ng kaniyang buhay, at
ang iyong bayan para sa kaniyang bayan.'" **43** Kaya ang hari
ng Israel ay umuwi sa kaniyang bahay ng nagdaramdam at
galit, at nagpunta sa Samaria.

**21** Dumating ang araw na si Nabot ang taga-Jezreel ay
nagkaroon ng ubasan sa Jezreel, malapit sa palasyo
ni Ahab, hari ng Samaria. **2** Nakipag-usap si Ahab kay
Nabot, sinasabing, "Ibigay mo sa akin ang iyong ubasan,
para magkaroon ako ng hardin para sa gulay, dahil malapit
ito sa aking bahay. Bilang kapalit, bibigyan kita ng mas
magandang ubasan, o, kung gusto mo, babayaran ko ang
halaga nito sa pera." **3** Sumagot si Nabot kay Ahab, "Nawa'y
ipagbawal ni Yahweh na dapat kong ibigay sa iyo ang lupain
na ipinamana ng aking mga ninuno." **4** Kaya umuwi si
Ahab sa kaniyang palasyo nagdadamdam at galit dahil sa
sagot na ibinigay sa kaniya ni Nabot na taga-Jezreel, "Hindi
ko ibibigay sa iyo ang ipinamana ng aking mga ninuno."
Humiga siya sa kaniyang higaan, ibinaling ang kaniyang
mukha, at tumangging kumain ng kahit anong pagkain. **5**
Pinuntahan siya ng kaniyang asawang si Jezebel at sinabi
sa kaniya, "Bakit napaka lungkot ng iyong puso, kaya ba
hindi ka kumain ng pagkain?" **6** Sumagot siya sa kaniya,
"Nakipag-usap ako kay Nabot na taga-Jezreel at sinabi ko sa
kaniya, 'Ibigay mo sa akin ang iyong ubasan kapalit ng pera,
o kung ikalulugod mo, bibigyan kita ng ibang ubasan na
magiging iyo.' At sumagot siya, 'Hindi ko ibibigay sa iyo ang
aking ubasan.'" **7** Kaya sumagot ang kaniyang asawang si
Jezebel, "Hindi ba't pinamumunuan mo pa rin ang kaharian
ng Israel? Bumangon ka at kumain; hayaan mo ang iyong
puso na magsaya. Kukunin ko ang ubasan ni Nabot na taga-
Jezreel para sa iyo." **8** Kaya sumulat si Jezebel ng mga
liham sa pangalan ni Ahab, sinelyuhan ito ng kaniyang mga
selyo, at pinadala ito sa mga nakatatanda at sa mayayaman
na nakaupo na kasama niya sa mga pagpupulong, at sa
naninirahan malapit kay Nabot. **9** Kaniyang isinulat sa liham,
"Maghayag ng isang pag-aayuno at iupo si Nabot ng mataas
sa mga tao. **10** Maglagay ng dalawang lalaking hindi tapat
kasama niya at hayaan silang tumestigo laban sa kaniya, na
magsasabing, 'Sinumpa mo ang Diyos at ang hari.'" At ilabas
ninyo siya at pagbabatuhin hanggang mamatay. **11** Kaya
ang mga tao sa kaniyang lungsod, ang mga nakatatanda
at ang mayayaman na naninirahan sa kaniyang lungsod,
ay ginawa ang inilarawan ni Jezebel sa kanila, gaya ng
nasusulat sa mga liham na kaniyang pinadala sa kanila. **12**
Naghayag sila ng isang pag-aayuno at inupo si Nabot ng
mataas sa mga tao. **13** Dumating ang dalawang lalaki at
umupo sa harapan ni Nabot; tumestigo sila laban kay Nabot
sa presensya ng mga tao, na nagsasabing, "Isinumpa ni
Nabot ang Diyos at ang hari." Pagkatapos siya ay nilabas
nila sa lungsod at pinagbabato hangggang siya ay mamatay.
**14** Pagkatapos ang mga nakatatanda ay nagpadala ng ulat
kay Jezebel na nagsasabing, "Pinagbabato si Nabot at
ngayon ay patay na. **15** At nang marinig ni Jezebel na si
Nabot ay pinagbabato at patay na, sinabi niya kay Ahab,
"Bumangon ka at kunin ang ubasan ni Nabot na taga-
Jezreel, na kaniyang tinangging ibigay sa iyo kapalit ng
pera, dahil si Nabot ay hindi na buhay, pero patay na." **16**
Nang marinig ni Ahab na patay na si Nabot, bumangon siya
at bumaba sa ubasan ni Nabot na taga-Jezreel at kinuha
ito. **17** Pagkatapos ang salita ni Yahweh ay dumating kay
Elias na taga-Tisbe, na nagsasabing, **18** "Bumangon ka at
makipagkita kay Ahab na hari ng Israel, na naninirahan sa
Samaria. Siya ay nasa ubasan ni Nabot, kung saan siya
nagpunta para kunin ito. **19** Dapat kang makipag-usap sa
kaniya at sabihin na sinasabi ni Yahweh, 'Pumatay ka ba at
nagkamkam ng ari-arian?' At sasabihin mo sa kaniya na
sinasabi ni Yahweh, 'Sa lugar kung saan dinilaan ng mga

aso ang dugo ni Nabot, didilaaan ng mga aso ang iyong
dugo, oo, ang iyong dugo.' **20** Sinabi ni Ahab kay Elias,
“Natagpuan mo ba ako, aking kaaway?” Sumagot si Elias,
“Natagpuan kita, dahil ipinagbili mo ang iyong sarili para
gumawa ng kung ano ang masama sa paningin ni Yahweh.
**21** Sinasabi ito sa iyo ni Yahweh: 'Masdan mo, magdadala
ako sa iyo ng sakuna at lubos na uubusin at kukunin mula
sa iyo ang bawat batang lalaki at alipin at malayang lalaki
sa Israel. **22** Ang pamilya mo ay gagawin kong tulad sa
pamilya ni Jeroboam anak ni Nebat, at tulad ng pamilya ni
Baasa anak ni Ahias, dahil ginalit mo ako at inakay ang
Israel na magkasala.' **23** Nagsalita rin si Yahweh ukol kay
Jezebel, na nagsasabing, 'Kakainin ng mga aso si Jezebel
sa pader ng Jezreel.' **24** Sinumang nabibilang kay Ahab at
ang mamamatay sa lungsod—kakainin ng aso ang taong
iyon. At sinumang mamamatay sa bukid—kakainin ang
taong iyon ng mga ibon sa himpapawid.” **25** Walang katulad
si Ahab, na ibinenta ang kaniyang sarili para gumawa ng
kasamaan sa paningin ni Yahweh, na kaniyang asawa na si
Jezebel ay inudyukan na magkasala. **26** Gumawa si Ahab ng
nakasusuklam na mga gawain para sa mga diyus-diyosang
kaniyang sinundan, tulad nalang ng ginawa ng mga taga-
Amoreo, silang mga inalis ni Yahweh sa harapan ng bayan
ng Israel. **27** Nang marinig ni Ahab ang mga salitang ito,
pinunit niya ang kaniyang kasuotan at nagsuot ng damit
na sako sa kaniyang katawan at nag-ayuno, at nahiga
na nakadamit ng sako at naging labis na malungkot. **28**
Pagkatapos ang salita ni Yahweh ay dumating kay Elias na
taga-Tisbe, na nagsasabing, **29** “Nakita mo ba kung paano
ibinaba ni Ahab ang kaniya sarili sa aking harapan? Dahil
ibinaba niya ang kaniyang sarili sa aking harapan, hindi ko
na dadalhin ang darating na sakuna sa kaniyang panahon;
dadalhin ko ang sakunang ito sa panahon ng kaniyang anak
na lalaki at sa kaniyang pamilya.”

**22** Lumipas ang tatlong taon na walang digmaan sa
pagitan ng Aram at Israel. **2** Pagkatapos nangyari ito
sa ikatlong taon, si Jehoshafat hari ng Judah ay pumunta sa
hari ng Israel. **3** Ngayon sinabi ng hari ng Israel sa kaniyang
mga lingkod, “Alam ba ninyo na sa atin ang Ramot Galaad,
pero wala tayong ginagawa para makuha ito mula sa kamay
ng hari ng Aram?” **4** Kaya sinabi niya kay Jehoshafat,
“Sasama ka ba sa akin sa pakikidigma sa Ramot Galaad?”
Sumagot si Jehoshafat sa hari ng Israel, “Ako ay tulad
mo, ang aking bayan ay tulad ng iyong bayan, at aking
mga kabayo ay tulad ng iyong mga kabayo. **5** Sinabi ni
Jehoshafat sa hari ng Israel, “Pakiusap humingi ka ng gabay
mula sa salita ni Yahweh kung ano ang dapat mong unang
gawin.” **6** Pagkatapos pinagtipon-tipon ng hari ng Israel ang
mga propeta, na apat na daang mga lalaki, at sinabi sa
kanila, “Dapat ba akong pumunta sa Ramot Galaad para
makipaglaban, o hindi dapat?” Sinabi nila, “Lumusob tayo,
dahil ilalagay ito ng Panginoon sa kamay ng hari.” **7** Pero
sinabi ni Jehoshafat “Wala na bang iba pang propeta ni
Yahweh kung saan maaaring tayo makakuha ng payo?” **8**
Sinabi ng hari ng Israel kay Jehoshafat, “Mayroon pang
isang tao na maaari tayong manghingi ng payo mula kay
Yahweh para tulungan tayo, si Micaya anak ni Imla, pero
ayoko sa kaniya dahil hindi siya nagpropesiya ng kahit anong
magandang bagay tungkol sa akin, kundi mga kahirapan
lamang.” Pero sinabi ni Jehoshafat, “Nawa'y hindi ito sabihin
ng hari” **9** Pagkatapos ang hari ng Israel ay tumawag ng
opisyal at nag-utos na “Ngayon din ay dalhin si Micaya anak
ni Imla.” **10** Ngayon si Ahab na hari ng Israel at si Jehoshafat
na hari ng Juda ay nakaupo sa kanilang trono, nakasuot ng
kanilang kasuotang pang hari, sa isang malawak na lugar
sa tarangkahan ng Samaria, at lahat ng mga propeta ay
nagsasabi ng hula sa kanilang harapan. **11** Gumawa si
Zedekias anak na lalaki ni Caanana ng mga sungay na bakal
at sinabi, “Ito ang sinasabi ni Yahweh: 'Sa pamamagitan ng
mga ito mapapaatras ninyo ang mga Arameo hanggang sila
ay maubos.” **12** At pareho ang ipinahayag ng lahat ng mga
propeta na sinasabi, “Lusubin natin ang Ramot Galaad at
mananalo, dahil ibinigay ito ni Yahweh sa kamay ng hari.” **13**
Ang mensahero na nagpunta para tawagin si Micaya ay
sinabi sa kaniya, “Ngayon masdan mo, ang mga salita ng
mga propeta ay naghahayag ng magagandang bagay sa
hari sa iisang bibig. Hayaan ang iyong mga salita ay maging
tulad ng isa sa kanila at magsabi ng magagandang bagay.”
**14** Sumagot si Micaya, “Habang nabubuhay si Yahweh, ito
ang sinasabi niya sa akin na aking sasabihin.” **15** Nang
lumapit siya sa hari, sinabi sa kaniya ng hari, “Micaya, dapat
ba kaming pumunta sa Ramot Galaad upang makipaglaban,
o hindi?' Sumagot si Micaya, “Lumusob tayo at manalo.
Ilalagay ito ni Yahweh sa kamay ng hari.” **16** Pagtapos sinabi
sa kaniya ng hari, “Gaano karaming beses ko ba dapat ipag-
utos sa iyo na katotohanan lamang ang sasabihin sa akin sa
pangalan ni Yahweh?” **17** Kaya sinabi ni Micaya, “Nakita ko
ang lahat ng mga Israelita na nagkalat sa mga kabundukan,
tulad ng mga tupa na walang pastol, at sinabi ito ni Yahweh,
'Walang pastol ang mga ito. Pabakilin ang bawat tao sa
kanilang mga tahanan ng payapa.'” **18** Kaya sinabi ng hari
ng Israel kay Jehoshafat, “Hindi ba't sinabi ko na sa iyo na
hindi siya magsasabi ng magandang pahayag tungkol sa
akin, puro kapahamakan lamang?” **19** Pagkatapos sinabi ni
Micaya, “Gayuman pakinggan ang salita ni Yahweh: Nakita
ko si Yahweh na nakaupo sa kaniyang trono, at lahat ng
hukbo sa langit ay nakatayo sa tabi niya sa kaniyang kanang
kamay at sa kaniyang kaliwa. **20** Sinabi ni Yahweh, 'Sino

ang mag-uudyok kay Ahab, para siya ay maaaring lumusob
at matalo sa Ramot-Galaad?' at may isang sumagot sa
ganitong paraan, at sumagot ang isa pa sa ganoong paraan.
**21** Pagkatapos isang espiritu ang lumapit, tumayo sa harapan
ni Yahweh, at sinabi, 'Ako ang mag-uudyok sa kaniya.' Sinabi
sa kaniya ni Yahweh, 'Paano?' **22** Sumagot ang espiritu,
'Lalabas ako at magiging isang mapanlinlang na espiritu
sa bibig ng lahat ng kaniyang mga propeta.' Sumagot si
Yahweh, 'Uudyukan mo siya, at ikaw rin ay magtatagumpay.
Pumunta ka na ngayon at gawin iyon.' **23** Ngayon masdan
mo, inilagay ni Yahweh ang mapanlinlang na espiritu sa
lahat ng bibig nitong mga propeta mong ito, at si Yahweh ay
naghanda ng pagkawasak para sa iyo." **24** Pagkatapos si
Zedekias anak na lalaki ni Cananaa, ay umakyat, sinampal
si Micaya sa pisngi, at sinabi, "Aling daan ang tinahak ng
Espiritu ni Yahweh para umalis sa akin upang magsalita
sa iyo?" **25** Sumagot si Micaya, "Masdan ito, malalaman
mo sa araw na iyon, kapag tumakbo ka papunta sa isang
kaloob-loobang kwarto para magtago." **26** Sinabi ng hari
ng Israel sa kaniyang lingkod, "Hulihin si Micaya at dalhin
siya kay Amon, ang gobernador sa lungsod, at kay Joas,
aking anak na lalaki. Sabihin sa kaniya, **27** 'Sinabi ng hari,
ilagay ang lalaking ito sa bilangguan at pakainin ng kaunting
tinapay at kaunting tubig, hanggang sa makarating akong
ligtas.'" **28** Pagkatapos sinabi ni Micaya. "Kung makakabalik
ka ng ligtas, hindi nangusap sa akin si Yahweh," at dinagdag
pa niya, "Pakinggan niyo ito, lahat kayong mga tao." **29**
Kaya si Ahab, ang hari ng Israel, at Jehoshafat, ang hari
ng Juda, ay pumunta sa Ramot Galaad. **30** Sinabi ng hari
ng Israel kay Jehoshafat, "Magbabalatkayo ako at pupunta
sa isang labanan, pero isuot mo ang iyong pangharing
kasuotan." Kaya nagbalatkayo ang hari at nagpunta sa
labanan. **31** Ngayon inutusan ng hari ng Aram ang tatlumpu't
dalawang mga kapitan ng mga karwaheng pandigma, na
nagsasabi, "Huwag niyong lusubin ang hindi mahalaga o
mahalagang mga kawal. Sa halip, ang hari ng Israel lamang
ang lusubin ninyo." **32** Nang makita ng mga kapitan ng mga
karwaheng pandigma si Jehoshafat sinabi nila, "Siguradong
iyon ang hari ng Israel." Lumiko sila at nilusob siya, kaya
sumigaw si Jehoshafat. **33** Nang makita ng mga pinuno ng
mga karwaheng pandigma na hindi iyon ang hari ng Israel,
huminto sila sa pagtugis sa kaniya. **34** Ngunit isang lalaki ang
basta nalang nagpalipad ng kaniyang palaso at tinamaan
ang hari ng Israel sa pagitan ng dugtungan ng kaniyang
mga baluti. Pagkatapos sinabi ni Ahab sa nagpapatakbo
ng kaniyang karwaheng pandigma, "Umikot at dalhin ako
palabas sa labanang ito, dahil lubha akong sugatan." **35**
Lalong sumidhi ang labanan nang araw na iyon, at ang hari
ay nanatili sa kaniyang karwaheng pandigma laban sa mga
Arameo. Namatay siya ng gabing iyon. dumaloy ang dugo sa
kaniyang sugat hanggang sa ilalim ng kaniyang karwaheng
pandigma. **36** Pagkatapos ng paglubog ng araw, isang
sigaw ang narinig ng buong hukbo, na nagsasabing, "Bawat
lalaki ay dapat bumalik sa kaniyang lungsod, at bawat lalaki
ay bumalik na sa kaniyang rehiyon!" **37** Kaya si haring
Ahab ay namatay at dinala sa Samaria, at inilibing nila siya
sa Samaria. **38** Hinugasan nila ang karwaheng pandigma
sa paliguan ng Samaria, at ang mga aso ay dinilaan ang
kaniyang dugo (Ito ay kung saan naliligo ang mga babaeng
bayaran), gaya ng inihayag na salita ni Yahweh. **39** Para sa
ibang bagay na ukol kay Ahab, lahat ng kaniyang ginawa,
ang bagay na garing na kaniyang itinayo, at lahat ng mga
lungsod na kaniyang itinatag, hindi ba nakasulat ito sa
Ang Aklat ng mga Kaganapan sa Buhay ng mga Hari ng
Israel? **40** Kaya natulog si Ahab kasama ng kaniyang mga
ninuno, at si Ahazias kaniyang anak ay naging hari kapalit
niya. **41** Pagkatapos si Jehoshafat anak na lalaki ni Asa
ay nagsimulang maghari sa Juda sa ikaapat na taon ni
Ahab hari ng Israel. **42** Si Jehoshafat ay tatlumpu't limang
taon nang magsimula siyang maghari, at namuno siya
sa Jerusalem nang dalawampu't limang taon. Ayuba ang
pangalan ng kaniyang ina, na anak na babae ni Silhi. **43**
Lumakad siya sa kaparaanan ni Asa, kaniyang ama; hindi
niya sila tinalikuran; ginawa niya kung ano ang tama sa
paningin ni Yahweh. Gayunman, ang mga dambana ay hindi
parin inalis. Patuloy na nag-aalay at nagsusunog ng mga
insenso ang mga tao sa mga dambana. **44** Nakipagkasundo
si Jehoshafat sa hari ng Israel. **45** Para sa ibang bagay na
ukol kay Jehoshafat, at ang kalakasan na kaniyang ipinakita,
at kung paano niya pinagtagumpayan ang digmaan, hindi
ba ang mga ito ay nasusulat sa Aklat ng mga Kaganapan
sa Buhay ng mga Hari ng Juda? **46** Inalis niya mula sa
lupain ang mga natirang mga lalaki at babaeng bayaran sa
sagradong lugar na nanatili sa mga araw ng kaniya Amang
si Asa. **47** Walang hari sa Edom, pero isang pumapangalawa
ang namuno doon. **48** Gumawa ng pangkaragatang barko si
Jehoshafat; Pupunta sila sa Ofir para sa ginto, pero hindi sila
natuloy dahil ang mga barko ay nawasak sa Ezion Geber.
**49** Pagkatapos sinabi ni Ahazias anak na lalaki ni Ahab kay
Jehoshafat, "Hayaan ang aking mga lingkod na maglayag
kasama ng iyong mga lingkod sa mga barko." Pero hindi ito
pinayagan ni Jehoshafat. **50** Natulog si Jehoshafat kasama
ng kaniyang mga ninuno at inilibing kasama nila sa lungsod
ni David, na kaniyang ninuno; si Jehoram ang kaniyang
anak na lalaki ang naging hari kapalit niya. **51** Nagsimulang
maghari si Ahazias sa Israel sa Samaria nang ika-labing
pitong taon ni Jehoshafat hari ng Juda, at naghari siya ng
dalawang taon sa Israel. **52** Ginawa niya kung ano ang

masama sa paningin ni Yahweh at lumakad sa kaparaanan
ng kaniyang ama, sa paraan ng kaniyang ina, at sa paraan
ng anak na lalaki ni Jeroboam na anak na lalaki ni Nebat, na
nagdala sa Israel para magkasala. **53** Pinaglingkuran niya at
sinamba si Baal at kaniyang ginalit si Yahweh, na Diyos ng
Israel, ginalit, gaya ng ginawa ng kaniyang ama.

# 2 Mga Hari

1 Nang namatay si Ahab, nagrebelde ang Moab laban sa
Israel. 2 Pagkatapos, nahulog si Ahazias sa balkonahe
sa taas ng kaniyang tulugan sa Samaria, at nagkaroon ng
malubhang karamdaman. Kaya nagpadala siya ng mga
mensahero at sinabi sa kanila, “Pumunta kayo at tanungin
si Baal-zebub, ang diyos ng Ekron, kung gagaling pa ako
sa karamdamang ito.” 3 Pero sinabi ng anghel ni Yahweh
kay Elias ang taga-Tisbe, “Tumayo ka at puntahan ang
mga mensahero ng hari ng Samaria, at tanungin mo sila,
'Dahil ba walang Diyos sa Israel kaya kayo pupunta para
sumangguni kay Baal-zebub ang diyos ng Ekron? 4 Dahil
dito, ito ang sabi ni Yahweh, “Hindi ka na makakabangon
sa higaan kung saan ka bumabangon; sa halip, tiyak kang
mamamatay.” Pagkatapos umalis si Elias. 5 Nang bumalik
ang mga mensahero kay Ahazias, sinabi niya sa kanila,
“Bakit kayo bumalik?” 6 Sinabi nila sa kaniya, “Isang lalaki
ang lumapit sa amin na nagsabi, 'Bumalik kayo sa haring
nagpadala sa inyo, at sabihin sa kaniya, “Sinabi ito ni
Yahweh: 'Dahil ba walang Diyos sa Israel kaya kayo pupunta
para sumangguni kay Baal-zebub ang diyos ng Ekron? Dahil
dito, hindi ka na makakabangon sa hingaan kung saan ka
bumabangon; sa halip, tiyak kang mamamatay.” 7 Sinabi ni
Ahazias sa kaniyang mga mensahero, “Anong klaseng tao
siya, ang taong lumapit sa inyo at sinabi ang mga salitang
ito? 8 Sumagot sila sa kaniya, “Nakasuot siya ng damit na
gawa sa buhok at mayroong balat na sinturon na nakasuot
sa kaniyang baywang.” Kaya sumagot ang hari, “Si Elias
iyon na taga-Tisbe.” 9 Pagkatapos nagpadala ang hari ng
kapitan kasama ang limampung sundalo para kay Elias.
Nagpunta ang kapitan kay Elias kung saan nakaupo siya sa
tuktok ng burol. Nagsalita ang kapitan sa kaniya, ikaw na
lingkod ng Diyos, sinabi ng hari, 'Bumaba ka.'” 10 Sumagot
si Elias at sinabi sa kapitan, “kung ako ay lingkod ng Diyos,
bumaba sana ang apoy mula sa kalangitan at sunugin ka at
ang limampung sundalo mo.” Pagkatapos bumaba ang apoy
mula sa kalangitan at sinunog siya at kaniyang limampung
sundalo. 11 Muling nagpadala si Haring Ahazias ng isa pang
kapitan na may kasamang limampung sundalo para kay
Elias. Sinabi ng kapitan kay Elias, “Ikaw na lingkod ng Diyos,
sabi ng hari, 'Magmadali kang bumaba.'” 12 Sumagot si
Elias at sinabi sa kanila, “Kung ako ay lingkod ng Diyos,
bumaba sana ang apoy mula sa kalangitan at sunugin ka at
iyong limampung sundalo.” Muli, bumaba ang apoy ng Diyos
mula sa kalangitan at sinunog siya at kaniyang limampung
sundalo. 13 Ganun pa man, nagpadala muli ang hari ng
ikatlong grupo ng limampung mandirigma. Umakyat ang
kapitan, lumuhod sa harap ni Elias, at nagmakaawa sa
kaniya at sinabi, “Ikaw na lingkod ng Diyos, nagmamakaawa
ako na ang buhay ko at buhay ng limampung alipin mo
ay maging mahalaga sa iyong paningin. 14 Tunay nga na
bumaba ang apoy mula sa kalangitan at sinunog ang unang
dalawang kapitan kasama ng kanilang mga tauhan, pero
ngayon hayaan mo sana na maging mahalaga ang buhay ko
sa iyong paningin.” 15 Kaya nagsabi ang anghel ni Yahweh
kay Elias, “Bumaba ka kasama niya. Huwag kang matakot
sa kaniya.” Kaya tumayo si Elias at bumaba kasama niya
papunta sa hari. 16 Pagkatapos, sinabi ni Elias kay Ahazias,
“Ito ang sinabi ni Yahweh, 'Nagpadala ka ng mga mensahero
para sumangguni kay Baal-zebub ang diyos ng Ekron? Dahil
ba walang Diyos sa Israel na maaari mong tanungan ng
kaalaman? Kaya ngayon, hindi ka na makakabangon sa
hingaan kung saan ka bumabangon; sa halip, tiyak kang
mamamatay.” 17 Kaya namatay si Haring Ahazias ayon sa
mga salita ni Yahweh na binanggit ni Elias. Nagsimulang
maghari si Joram kapalit niya, sa ikalawang taon, si Jehoram
anak ni Jehoshafat ang naging hari ng Juda, dahil walang
anak si Ahazias. 18 Para sa ibang mga bagay na tungkol kay
Ahazias, hindi ba sila nakasulat sa Aklat ng mga Kaganapan
sa buhay ng mga Hari ng Israel?

2 At nangyari, nang kukunin na ni Yahweh si Elias paakyat
sa langit sa pamamagitan ng ipu-ipo, umalis si Elias
kasama si Eliseo sa Gilgal. 2 Sinabi ni Elias kay Eliseo,
“Pakiusap, manatili ka rito dahil pinapadala ako ni Yahweh
sa Bethel.” Sumagot si Eliseo, “Hanggang nabubuhay si
Yahweh at hanggang nabubuhay ka, hindi kita iiwan.” Kaya
pumunta sila sa Bethel. 3 Pumunta ang mga anak ng mga
propeta na nasa Bethel kay Eliseo at sinabi sa kaniya, “Alam
mo ba na kukunin ni Yahweh ang panginoon mo ngayong
araw na ito?” Sumagot si Eliseo, “Oo, alam ko, pero huwag
ninyo ng banggitin iyon.” 4 Sinabi ni Elias sa kaniya, “Eliseo,
pakiusap, manatili ka rito, dahil pinapadala ako ni Yahweh
sa Jerico.” At sumagot si Eliseo, “Hanggang nabubuhay si
Yahweh at hanggang nabubuhay ka, hindi kita iiwan.” Kaya
nagpunta sila sa Jerico. 5 Pagkatapos pumunta ang mga
anak ng mga propeta kay Eliseo na nasa Jerico at sinabi sa
kaniya, “Alam mo ba na kukunin ni Yahweh ang panginoon
mo ngayong araw na ito?” Sumagot si Eliseo, “Oo, alam
ko, pero huwag ninyo ng banggitin iyon.” 6 Pagkatapos
sinabi ni Elias sa kaniya, “Eliseo, pakiusap, manatili ka rito,
dahil pinapadala ako ni Yahweh sa Jordan.” At sumagot
si Eliseo, “Hanggang nabubuhay si Yahweh at hanggang
nabubuhay ka, hindi kita iiwan.” Kaya nagtungo ang dalawa.
7 Kinalaunan, limampung anak ng mga propeta ang tumayo
sa harap ng dalawa habang nakatayo sa kabilang dako ng
Jordan. 8 Hinubad ni Elias ang kaniyang balabal, tinupi, at
hinampas ang tubig gamit ito. Nahati sa dalawang bahagi

ang ilog kaya nakalakad ang dalawa sa tuyong lupa. 9 At
iyon nga ang nangyari pagkatapos nilang tumawid sa kabila,
sinabi ni Elias kay Eliseo, “Hilingin mo sa akin ang ibig
mong gawin ko para sa iyo bago ako kunin sa piling mo.”
Sumagot si Eliseo, “Kung maaari hayaan mong mapunta
sa akin ang dalawang ulit ng iyong espiritu.” 10 Sumagot
si Elias, “Humihiling ka ng mahirap na bagay. Gayun pa
man, kung makikita mo ako kapag kinuha ako mula sa iyo,
mangyayari ito sa iyo, pero kung hindi, hindi mangyayari
iyon.” 11 Habang naglalakad sila at nag-uusap, biglang
may isang karwahe ng apoy at mga kabayong apoy ang
lumitaw, na nagpahiwalay sa kanila, at nilipad pataas si
Elias sa pamamagitan ng ipu-ipo sa langit. 12 Nakita iyon ni
Eliseo at nanangis, “Ama ko, ama ko, ang mga karwahe ng
Israel at kanilang kabalyero!” Hindi na niya nakita si Elias,
at hinawakan ang kaniyang damit at pinunit sa dalawang
bahagi. 13 Dinampot niya ang nahulog na balabal mula
kay Elias, at bumalik sa pampang ng Jordan para tumayo
roon. 14 Hinampas niya ang tubig gamit ang nahulog na
balabal ni Elias at sinabi, “Nasaan si Yahweh, ang Diyos
ni Elias?” Nang hinampas niya ang tubig, nahati ito sa
dalawalang bahagi at tumawid si Eliseo. 15 Nang nakita ng
mga anak ng mga propeta na mula sa Jerico na nakatawid
siya, sinabi nila, “Napunta ang espiritu ni Elias kay Eliseo!”
Kaya nagpunta sila para salubungin siya, at iniyuko ang
kanilang mga sarili sa lupa sa kaniyang harapan. 16 Sinabi
nila sa kaniya, “Tingnan mo, may limampung malalakas
na lalaki mula sa iyong mga alipin. Hinihiling namin na
ipadala mo sila para hanapin ang iyong panginoon, kung
sakali na kinuha siya ng Espiritu ni Yahweh at hinagis sa
ilang bundok o ilang lambak.” Sumagot si Eliseo, “Hindi,
huwag ninyo silang ipadala.” 17 Pero nang napilit nila si
Eliseo hanggang sa mahiya na siya, sinabi niya, “Ipadala
ninyo na sila.” Pagkatapos nagpadala sila ng limampung
kalalakihan, at naghanap sila ng tatlong araw, pero hindi
siya nahanap. 18 Bumalik sila kay Eliseo, habang nanatili
siya sa Jerico, at sinabi niya sa kanila, “Hindi ba sinabi ko
na sa inyo, 'Huwag na kayong pumunta'?” 19 Sinabi ng
mga lalaki sa lungsod kay Eliseo, “Nagmamakaawa kami
sa iyo, nakikita mo na mabuti ang kalagayan ng lungsod
na ito, gaya ng nakikita ng panginoon ko, pero madumi
ang tubig at hindi mabunga ang lupain.” 20 Sumagot si
Eliseo, “Magdala kayo sa akin ng bagong mangkok at lagyan
ito ng asin,” kaya dinala nila iyon sa kaniya. 21 Nagpunta
si Eliseo sa bukal ng tubig at tinapon ang asin doon; at
kaniyang sinabi, “Sinabi ito ni Yahweh, 'Pinagaling ko na ang
tubigang ito. Mula sa oras na ito, walang ng kamatayan at
lupaing hindi mamumunga,'” 22 Kaya gumaling ang tubigan
sa araw ding iyon, sa pamamagitan ng mga salita na sinabi
ni Eliseo. 23 Pagkatapos pumunta si Eliseo mula roon
hanggang sa Bethel. Habang papunta siya sa kaniyang
daraanan, may mga batang lalaki ang lumabas mula sa
lungsod at hinamak siya; sinabi nila sa kaniya,” Umakyat
ka, kalbo! Umaakyat ka, kalbo!” 24 Tumingin si Eliseo sa
kaniyang likuran at nakita sila; tumawag siya kay Yahweh
para sumpain sila. Pagkatapos dalawang babaeng oso ang
lumabas sa kakahuyan at sinugod ang apatnapu't dalawang
bata. 25 Pagkatapos pumunta si Eliseo mula roon sa Bundok
Carmel, at mula roon bumalik siya sa Samaria.

3 Ngayon sa ikalabing walong taon na paghahari ni haring
Jehosafat hari ng Juda, si Joram anak ni Ahab ay
nagsimulang maghari sa buong Israel sa Samaria; naghari
siya ng labindalawang taon. 2 Gumawa siya ng kasamaan
sa paningin ni Yahweh, pero hindi gaya ng kaniyang ama
at ina; dahil tinanggal niya ang sagradong posteng bato
ni Baal na ginawa ng kaniyang ama. 3 Gayun pa man,
sumunod siya sa mga kasalanan ni Jeroboam anak ni Nebat,
na nagsanhi sa Israel na magkasala; hindi siya lumayo
sa kanila. 4 Ngayon, nagparami ng tupa si Mesa hari ng
Moab. Kailangan niyang magbigay sa hari ng Israel ng
100, 000 kordero at 100, 000 ng balahibo ng tupa. 5 Pero
pagkatapos mamatay ni haring Ahab, nagrebelde ang hari
ng Moab laban sa hari ng Israel. 6 Kaya sa oras na iyon,
iniwan si Haring Joram ang Samaria para tipunin ang mga
Israelita para sa digmaan. 7 Nagpadala siya ng mensahe kay
Jehosafat hari ng Juda, nagsasabing, “nagrebelde ang hari
ng Moab laban sa akin. Sasamahan mo ba ako sa labanan
sa Moab?” Sumagot si Jehosafat, “Pupunta ako. Ikaw at
ako ay iisa, ang aking bayan ay iyong bayan, ang aking
mga kabayo ay iyong mga kabayo.” 8 Pagkatapos kaniyang
sinabi, “Saang daanan tayo lulusob?” sumagot si Jehosafat,
“Sa daanan sa disyerto ng Edom.” 9 Kaya ang mga hari
ng Israel, Juda, at Edom ay naglakad nang halos paikot
ng pitong araw. Walang tubig ang matagpuan para sa mga
hukbo, ni para sa mga kabayo o ibang mga hayop. 10 Kaya
sinabi ng hari ng Israel, “Ano ito? Tinawag ba ni Yahweh ang
tatlong hari ng magkakasama para talunin ng Moab?” 11
Pero sinabi ni Jehosafat, “Wala ba ritong propeta ni Yahweh,
para makapagsangguni tayo kay Yahweh sa pamamagitan
niya?” Isa sa mga alipin ng hari ng Israel ang sumagot
at sinabi, “Nandito si Eliseo anak ni Safat, ang nagbuhos
ng tubig sa mga kamay ni Elias.” 12 Sinabi ni Jehosafat,
“Nasasakaniya ang salita ni Yahweh.” Kaya pinuntahan siya
ni Jehosafat hari ng Israel, at ng hari ng Edom. 13 Sinabi
ni Eliseo sa hari ng Israel, “Ano ang kinalaman ko sa iyo?
Pumunta ka sa mga propeta ng iyong ama at ina.” Kaya
sinabi ng hari ng Israel sa kaniya, “Hindi, dahil tinawag
kaming tatlong hari ni Yahweh, para matalo kami ng Moab.”

14 Sumagot si Eliseo, “Hanggang nabubuhay si Yahweh
ng mga hukbo, na siyang aking pinanaligan, kung hindi ko
lang totoong ginagalang ang presensya ni Jehosafat hari ng
Juda, ni hindi kita papansinin, o titingnan. 15 Pero magdala
kayo ngayon ng isang manunugtog.” At nang tapos na ang
pagtugtog ng manunugtog ng alpa, lumapit ang kamay ni
Yahweh kay Eliseo. 16 Sinabi niya, “Sinabi ito ni Yahweh,
'Gawan ninyo ang tuyong ilog na ito ng maraming kanal.'
17 Dahil sinabi ito ni Yahweh, 'Hindi kayo makakakita ng
hangin, ni makakakita ng ulan, pero mapupuno ng tubig
ang ilog na ito, at iinom kayo, ikaw at inyong mga baka at
lahat ng inyong mga alagang hayop.' 18 Madaling bagay
lamang ito sa paningin ni Yahweh. Bibigyan niya din kayo ng
tagumpay laban sa mga Moabita. 19 Lulusob kayo sa bawat
matitibay na lungsod at magagandang lungsod, puputulin
ang bawat magagandang puno, ihihinto ang lahat ng tubig
na bukal, at sisirain ang bawat magagandang bahagi ng
lupain sa pamamagitan ng bato.” 20 Kaya kinaumagahan,
nang halos oras na ng paghahandog ng alay, dumating ang
tubig sa direksyon ng Edom; napuno ang bansa ng tubig. 21
Nang narinig ng lahat ng Moabita na dumating ang mga
hari para lumaban sa kanila, tinipon nila ang kanilang mga
sarili, lahat nang may kakayahan na magsuot ng baluti, at
tumayo sila sa hangganan. 22 Gumising sila nang maaga
at sumalamin ang araw sa tubig. Nang nakita ito ng mga
Moabita, ang tubig sa kanilang banda, mukhang kasing pula
ng dugo. 23 Sumigaw sila, “Dugo ito! Tiyak na nawasak na
ang mga hari, at pinatay nila ang isa't-isa! Kaya ngayon,
Moab, Nakawan na natin sila!” 24 Nang dumating sila sa
kampo ng Israel, binigla sila ng mga Israelita at nilusob
ang mga Moabita, na tumakas mula sa kanila. Hinabol ng
mga hukbo ng Israel ang mga Moabita sa kabilang lupain
at pinatay sila. 25 Winasak ng Israel ang mga lungsod, at
sa bawat magagandang bahagi ng lupain, naghahagis ang
bawat tao ng bato at napuno ng bato ang mayabong na
mga sakahan. Pinahinto nila ang lahat ng bukal ng tubig at
pinutol ang lahat ng magagandang puno, maliban lamang sa
Kir-Haseret, kung saan iniwan nila ang mga bato sa lugar.
Pero inatake ito ng mga sundalong may tirador. 26 Nang
nakita ni Haring Mesa ng Moab na natalo na sila sa laban,
sinama niya ang pitong-daan na mga lalaking gumagamit ng
espada para lusubin ang hari ng Edom, pero nabigo sila.
27 Pagkatapos, sinama niya ang kaniyang panganay, na
maghahari sana pagkatapos niya, hinandog niya ito bilang
susunuging alay sa pader. Kaya nagkaroon ng labis na galit
laban sa Israel, at iniwan ng hukbo ng Israelita si Haring
Mesa at bumalik sa kanilang sariling lupain.

4 Ngayon, nagpuntang umiiyak ang isa sa mga asawa ng
mga anak ng mga propeta kay Eliseo, sinabing, “Ang
iyong lingkod na aking asawa ay patay na, at alam mo na
may takot ang iyong lingkod kay Yahweh. Ngayon pumunta
ang nagpapautang para kunin ang aking dalawang anak
para maging mga alipin niya.” 2 Kaya sinabi ni Eliseo sa
kaniya, “Ano ang magagawa ko para sa iyo?” Sinabi niya,
“Ang iyong lingkod ay walang kahit ano sa bahay, maliban sa
palayok ng langis.” 3 Pagkatapos, sinabi ni Eliseo, “Umalis
ka para manghiram ng mga tapayan na walang laman sa
iyong mga kapit-bahay. Manghiram ka ng marami hangga't
maaari. 4 Pagkatapos kailangan mo pumunta sa loob ng
bahay mo at isara ang pinto sa likod mo at ng iyong mga
anak, at ibuhos ang langis sa mga tapayan na iyon; itabi mo
ang mga tapayan na napuno.” 5 Kaya iniwan niya si Eliseo
at sinara ang pinto sa likod niya at kaniyang mga anak.
Nagdala sila ng mga tapayan para sa kaniya, at pinuno ang
mga ito ng langis. 6 Nang napuno na ang mga lagayan,
sabi niya sa kaniyang mga anak, “Magdala pa kayo ng isa
pang tapayan.” Pero ang sabi ng anak niya sa kaniya, “Wala
ng mga tapayan.” Pagkatapos, huminto na sa pagdaloy ng
langis. 7 Pagkatapos, bumalik siya at sinabi sa lingkod ng
Diyos. Sabi niya, “Pumunta ka roon, ibenta mo ang langis;
bayaran mo ang iyong utang, at mamuhay kasama ng iyong
mga anak sa mga natira.” 8 Isang araw, naglakad si Eliseo
sa Sunem kung saan nakatira ang isang mahalagang babae;
pinilit niyang kumain sila ng magkasama. Kaya sa madalas
na pagdaan ni Eliseo, siya ay humihinto para kumain doon. 9
Sinabi ng babae sa kaniyang asawa, “Tingnan mo, nalaman
ko na ang lalaking ito na laging dumadaan dito ay lingkod ng
Diyos. 10 Gumawa tayo ng maliit na silid sa bubungan para
kay Eliseo, at maglagay tayo ng higaan, upuan, at lampara.
Pagkatapos, kapag pumunta siya sa atin, mananatili na
siya roon.” 11 Kaya nang dumating ang araw na bumalik si
Eliseo para huminto roon, nanatili siya sa silid at nagpahinga
roon. 12 Sinabi ni Eliseo sa kaniyang lingkod na si Gehazi,
“Tawagin mo ang Sunamita.” Nang tinawag niya ito, tumayo
ang babae sa harap niya. 13 Sinabi ni Eliseo sa lingkod,
“Sabihin mo sa babae na, 'Ginawa mo ang lahat ng abalang
ito para alagaan kami. Ano ang maaari kong gawin para sa
iyo? Gusto mo bang kausapin namin ang hari para sa iyo o
sa pinuno ng hukbo?'” Sumagot siya, 'Namuhay ako kasama
ang aking sariling bayan.” 14 Kaya sinabi ni Eliseo, “Ano
pala ang maaari nating gawin para sa kaniya?” Sumagot si
Gehazi, “Tunay nga, wala siyang anak, at matanda na ang
kaniyang asawa.” 15 Kaya sumagot si Eliseo, “Tawagin mo
siya.” Nang siya ay tinawag niya, tumayo siya sa pintuan. 16
Sinabi ni Eliseo, “Sa parehong oras ng taong ito, pagkatapos
ng isang taon, makakahawak ka ng isang anak.” Sinabi niya,
“Hindi, aking panginoon at lingkod ng Diyos, huwag kang
magsinungaling sa iyong alipin.” 17 Pero nagdalang-tao ang

babae at nanganak ng isang lalaki sa parehong panahon ng
sumunod na taon, tulad ng sinabi ni Eliseo sa kaniya. **18**
Nang lumaki na ang bata, pumunta siya sa kaniyang ama,
na kasama ng mga taga-ani. **19** Sinabi niya sa kaniyang
ama, “Ang ulo ko, ang ulo ko.” Sabi ng kaniyang ama sa
kaniyang alipin, “Buhatin mo siya sa kaniyang ina.” **20** Nang
binuhat siya at dinala ang bata sa kaniyang ina, umupo
ang bata sa tuhod ng kaniyang ina hanggang tanghali at
pagkatapos ay namatay. **21** Kaya tumayo ang babae at
hiniga ang bata sa higaan ng lingkod ng Diyos, sinara ang
pinto, at umalis. **22** Tinawag niya ang kaniyang asawa, at
sinabi, “Pakiusap magpadala ka sa akin ng isa sa mga alipin
at isa sa mga asno para ako ay makapagmadali sa lingkod
ng Diyos at makabalik agad.” **23** Sinabi ng asawa niya,
“Bakit gusto mong pumunta sa kaniya ngayong araw na
ito? Hindi naman Kapistahan ng Bagong Buwan o Araw ng
Pamamahinga.” Sumagot siya. “Magiging maayos din ang
lahat.” **24** Pagkatapos, sinakyan niya ang asno at sinabi
sa kaniyang alipin, “Bilisan mo ang pagmamaneho; huwag
kang babagal hangga't hindi ko sinasabi.” **25** Kaya pumunta
siya sa lingkod ng Diyos sa Bundok Carmel. Nang nakita
siya ng lingkod ng Diyos sa malayo, sinabi niya kay Gehazi
kaniyang alipin, “Tingnan mo, paparating na ang Sunamita.
**26** Pakiusap, tumakbo ka para salubungin siya at sabihin mo
sa kaniya, 'Maayos ba ang lahat sa iyo at iyong asawa at
anak'” Sumagot siya, “Maayos naman.” **27** Nang pumunta
siya sa lingkod ng Diyos sa bundok, hinawakan niya ang paa
ng lingkod ng Diyos. Lumapit si Gehazi para ilayo siya pero
sinabi ng lingkod ng Diyos, “Pabayaan mo siya, dahil siya
ay malungkot, at tinago ni Yahweh ang problema sa akin,
at walang siyang sinabi sa akin.” **28** Pagkatapos kaniyang
sinabi, “Humingi ba ako sa iyo ng anak, aking panginoon?
Hindi ba sinabi ko sa iyo na, 'Huwag mo akong linlangin'?” **29**
Pagkatapos sinabi ni Eliseo kay Gehazi, “Magdamit ka para
sa paglalakbay at kunin mo ang aking tungkod. Pumunta ka
sa bahay niya. Kung may makakasalubong ka, huwag mo
siyang batiin, at kung may babati sa iyo, huwag mo siyang
sagutin. Ilagay mo ang tungkod ko sa mukha ng bata.”
**30** Pero sinabi ng ina ng bata, “Hanggang nabubuhay si
Yahweh, at hanggang nabubuhay ka, hindi kita iiwan.” Kaya
tumayo si Eliseo at sinundan siya. **31** Nagmadaling nauna sa
kanila si Gehazi at nilagay ang tungkod sa mukha ng bata,
pero hindi ito nagsalita o nakarinig. Kaya bumalik si Gehazi
para salubungin si Eliseo at sinabi sa kaniya, “Hindi nagising
ang bata.” **32** Nang dumating si Eliseo sa bahay, patay na
ang bata at nasa higaan pa rin. **33** Kaya pumasok si Eliseo
at sinara ang pinto at nanalangin kay Yahweh. Umakyat siya
at dinapaan ang bata; **34** nilagay ang bibig niya sa bibig ng
bata, kaniyang mata sa mata ng bata, at kaniyang kamay
sa kamay ng bata. Inunat niya ang kaniyang sarili sa bata,
at nag-init ang katawan ng bata. **35** Pagkatapos tumayo si
Eliseo at naglakad sa silid at umakyat muli at inunat ang
kaniyang sarili sa bata. Bumahing ang bata ng pitong beses
at binuksan ang kaniyang mga mata! **36** Kaya tinawag ni
Eliseo si Gehazi, “Tawagin mo ang Sunamita!” Kaya tinawag
niya ito, at nang pumunta siya sa silid, sabi ni Eliseo, “Kunin
mo ang iyong anak.” **37** Pagkatapos nagpatirapa siya sa
lupa at yumuko sa lupa, at pagkatapos kinuha ang kaniyang
anak at umalis. **38** Pagkatapos pumunta muli si Eliseo sa
Gilgal. Mayroong taggutom doon sa lupain, at umupo sa
kaniyang tabi ang mga anak ng mga propeta. Sinabi niya sa
mga alipin, “Ilagay ninyo ang malaking palayok sa apoy at
magluto ng nilaga para sa mga anak ng mga propeta.” **39**
Ang isa sa kanila ay pumunta sa sakahan para maglikom
ng mga gulay. Nakahanap siya ng ligaw na punong ubas
at nakalikom ng sapat na ligaw na mga gulay para punuin
ang tupi ng kaniyang balabal. Hiniwa nila ang mga ito at
nilagay sa nilaga, pero hindi nila alam kung anong uri ang
mga iyon. **40** Kaya binuhos nila ang nilaga para kainin ng
mga tao. Kinalaunan, habang kumakain sila, sumigaw sila at
sinabi, “Lingkod ng Diyos, may kamatayan sa palayok!” At
hindi na sila makakain. **41** Pero sinabi ni Eliseo, “Magdala ng
ilang harina.” Hinagis niya ito sa palayok at sinabi, “Ibuhos
ninyo ito para sa mga tao, para makakain sila.” At wala
ng anumang bagay ang nakakasakit sa loob ng palayok.
**42** Isang lalaking taga-Baal-salisa ang lumapit sa lingkod
ng Diyos at nagdala ng labingdalawang trigong tinapay sa
kaniyang sako mula sa bagong ani, at sariwang aning butil.
Sinabi niya, “Ibigay mo ito sa mga tao para makakain sila.”
**43** Sinabi ng kaniyang alipin, “Ano, dapat ko ba itong ihain
sa harapan ng isang-daang lalaki?” Pero sinabi ni Eliseo,
“Ibigay mo ito sa mga tao, para makakain sila, dahil sinabi
ito ni Yahweh, 'Kakain sila at magkakaroon pa ng tira.'” **44**
Kaya hinain ito ng kaniyang alipin sa kanilang harapan;
kumain sila, at may mga natira pa, gaya ng pinangakong
salita ni Yahweh.

**5** Ngayon si Naaman, pinuno ng hukbo ng hari ng Aram, ay
magiting at marangal sa paningin ng kaniyang panginoon,
dahil sa pamamagitan niya, binigyan ng tagumpay ni Yahweh
ang Aram. Malakas din siya at matapang pero isa siyang
ketongin. **2** Lumusob ang mga Aramean nang grupo grupo
at dinakip ang isang batang babae mula sa lupain ng Israel.
Pinaglingkuran niya ang asawa ni Naaman. **3** Sinabi ng
dalaga sa kaniyang madrasta, “Sana kasama ng amo ko
ang propeta na nasa Samaria! Tiyak pagagalingin niya ang
ketong ng panginoon ko.” **4** Kaya sinabi ni Naaman sa hari
ang sinabi ng dalaga mula sa lupain ng Israel. **5** Kaya sinabi
ng hari ng Aram, “Lumakad ka, at magpapadala ako ng

liham sa hari ng Israel." Umalis si Naaman na may baong
sampung talentong pilak, anim na libong piraso ng ginto, at
sampung pamalit na damit. 6 Dinala rin niya ang liham sa
hari ng Israel na nagsasabing, "Kapag dumating ang sulat
na ito sa iyo, makikita mong pinadala ko si Naaman na aking
lingkod sa iyo para pagalingin mo siya sa kaniyang ketong."
7 Nang mabasa ng hari ng Israel ang liham, pinunit niya
ang damit niya at sinabing, "Diyos ba ako, para pumatay at
magbigay ng buhay kaya nais ng lalaking ito na pagalingin ko
ang isang tao sa kaniyang ketong? Mukhang naghahamon
siya ng away." 8 Kaya nang marinig ni Eliseo, ang lingkod
ng Diyos, na pinunit ng hari ng Israel ang kaniyang damit,
nagpadala siya ng mensahe sa hari nagsasabing, "Bakit mo
pinunit ang iyong mga damit? Papuntahin mo siya sa akin at
malalaman niyang may propeta sa Israel." 9 Kaya dumating
si Naaman kasama ng kaniyang mga kabayo at karwahe
at tumayo sa pinto ng bahay ni Eliseo. 10 Nagpadala si
Eliseo ng mensahero sa kaniya, sinasabing, "Lumublob ka
sa Jordan ng pitong beses, at maibabalik ang kutis mo; ikaw
ay magiging malinis." 11 Pero nagalit si Naaman at umalis,
sinasabing, "Tingnan mo, akala ko siguradong lalabas siya
para sa akin at tatayo at tatawag sa pangalan ni Yahweh na
kaniyang Diyos, at ikukumpas ang kamay niya sa buong
katawan ko para pagalingin ako sa aking ketong. 12 Hindi
ba't ang Abana at Farfar, mga ilog ng Damasco, ay mas
malinis kaysa lahat ng tubig sa Israel? Hindi ba pwedeng
doon ako maligo para maging malinis?" Kaya tumalikod
siya at umalis nang galit na galit. 13 Pagkatapos lumapit
ang mga lingkod ni Naaman at kinausap siya, "Ama, kung
inutusan ka ng propeta ng isang mahirap na bagay, hindi
mo ba gagawin ito? Paano pa kaya kung magsabi siya sa
iyo ng isang simpleng bagay gaya ng, 'Lumublob ka para
maging malinis ka?'" 14 Kaya nagpunta siya at lumublob ng
pitong beses sa Jordan bilang pagsunod sa mga tagubilin ng
lingkod ng Diyos. Bumalik ang kaniyang kutis, tulad ng kutis
ng isang maliit na bata, at siya ay gumaling. 15 Bumalik si
Naaman sa lingkod ng Diyos, siya at ang lahat ng kaniyang
kasama, at lumapit sila sa harap niya. Sinabi niya, "Alam
kong wala nang ibang diyos sa buong mundo maliban sa
Israel. Kaya pakiusap, tanggapin mo ang regalong ito mula
sa iyong lingkod." 16 Pero tumugon si Eliseo, "Hangga't
nabubuhay si Yahweh na aking pinaglilingkuran, hindi ako
tatanggap ng anumang bagay." Pinilit ni Naaman si Eliseo
na tanggapin ang regalo pero tumanggi ito. 17 Kaya sinabi ni
Naaman, "Kung hindi, maaari mo ba akong bigyan ng lupa
na kayang dalhin ng dalawang mola, dahil simula ngayon,
ang iyong lingkod ay hindi na maghahandog, ni mag-aalay
sa sinumang diyos maliban kay Yahweh. 18 Pero patawarin
sana ni Yahweh ang iyong lingkod sa isang bagay na ito,
iyon ay, kapag pumunta ang hari sa tahanan ni Rimmon para
sumamba roon, at kumapit siya sa kamay ko, at yumuko
ako sa tahanan ni Rimmon. Patawarin nawa ni Yahweh ang
iyong lingkod sa bagay na ito." 19 Sinabi ni Eliseo sa kaniya,
"Humayo ka nang mapayapa." Kaya umalis si Naaman. 20
Hindi pa siya nakakalayo sa kaniyang paglalakbay nang si
Gehazi lingkod ni Eliseo na lingkod ng Diyos ay sinabi sa
kaniyang sarili, "Kinaawaan ng panginoon ko si Naaman na
Aramean sa pamamagitan ng hindi pagtanggap ng mga
regalo mula sa kamay niya na kaniyang dinala. Hangga't
nabubuhay si Yahweh, hahabulin ko siya at tatanggap ako
ng anumang bagay mula sa kaniya." 21 Kaya sumunod
si Gehazi kay Naaman. Nang nakita ni Naaman na may
taong sumusunod sa kaniya, bumaba siya mula sa kaniyang
karwahe para salubungin siya at sinabing, "Maayos lang
ba ang lahat?" 22 Sinabi ni Gehazi, "Maayos naman ang
lahat. Pinadala ako ng aking panginoon, sinasabing, 'May
lumapit sa akin mula sa bansa sa burol ng Efraim, dalawang
lalaki na anak ng mga propeta. Pakiusap bigyan mo sila
ng isang talentong pilak at dalawang pamalit na damit."
23 Tumugon si Naaman, "Masaya akong bigyan ka ng
dalawang talento." Hinimok ni Naaman si Gehazi at nagtali
ng dalawang talentong pilak sa dalawang sisidlan, na may
dalawang pamalit na damit, at ipinapasan ito sa kaniyang
dalawang lingkod na nagdala ng mga sisidlan ng pilak
para kay Gehazi. 24 Nang dumating si Gehazi sa burol,
kinuha niya ang sisidlan ng pilak mula sa mga kamay nila at
tinago ang mga ito sa bahay; pinaalis niya ang mga lingkod
at umalis sila. 25 Nang pumasok si Gehazi at humarap
sa kaniyang amo, sinabi ni Eliseo, "Saan ka nanggaling,
Gehazi?" Tumugon siya, "Diyan-diyan lang nagpunta ang
iyong lingkod." 26 Sinabi ni Eliseo kay Gehazi, "Hindi ba
kasama mo ang espiritu ko nang huminto ang karwahe
ng lalaking iyon para salubungin ka? Ito ba ang oras para
tumanggap ng pera, damit, mga olibong halamanan at mga
ubasan, mga tupa, mga baka, at mga lingkod na lalaki at
babae? 27 Kaya ang ketong ni Naaman ay papasa-iyo at
iyong mga kaapu-apuhan magpakailanaman." Kaya umalis
si Gehazi sa kaniyang harapan, isang ketongin na kasing
puti ng bulak.

**6** Sinabi ng mga anak ng mga propeta kay Eliseo, "Ang
lugar kung saan kami nakatira kasama ka ay masyadong
maliit para sa ating lahat. 2 Hayaan mo kaming pumunta sa
Jordan, at magputol ng puno roon at magtayo ng matitirahan."
Tumugon si Eliseo sinabing, "Sige." 3 Sinabi ng isa sa
kanila, "Pakiusap samahan mo ang iyong mga lingkod."
Sumagot si Eliseo, "Sasama ako." 4 Kaya sumama siya sa
kanila, at nang makarating sila sa Jordan, nag-umpisa silang
magputol ng mga puno. 5 Pero habang nagpuputol ang isa

sa kanila, nalaglag ang ulo ng palakol sa tubig; sumigaw
siya at sinabinig, "Naku, panginoon, hiniram ko lang iyon!" 6
Kaya sinabi ng lingkod ng Diyos, "Saan ito nahulog?" Tinuro
ng lalaki kay Eliseo ang lugar. Pumutol siya ngayon siya ng
isang patpat, tinapon ito sa tubig at pinalutang ang palakol.
7 Sinabi ni Eliseo, "Kunin mo." Kaya inabot ito ng lalaki ng
kaniyang kamay. 8 Ngayon nakikipagdigma ang hari ng
Aram laban sa Israel. Sumangguni siya sa kaniyang mga
lingkod, sinasabing, "Ang kampo ko ay nasa ganitong lugar."
9 Kaya nagpunta ang lingkod ng Diyos sa hari ng Israel,
sinasabing, "Sikapin ninyong hindi dumaan sa lugar na iyon,
dahil ang mga Aramean ay bababa roon." 10 Pagkatapos
nagpadala ang hari ng Israel ng mga tauhan sa lugar na
iyon kung saan binalaan siya ng lingkod ng Diyos. Iniligtas
siya ng babalang iyon ng ilang beses. 11 Gulong-gulo ang
isip ng hari ng Aram dahil sa babalang ito, at tinawag niya
ang kaniyang mga lingkod at sinabi sa kanila, "Wala ba sa
inyo ang magsasabi kung sino sa inyo ang pumapanig sa
hari ng Israel?" 12 Kaya sinabi ng isa sa kaniyang mga
lingkod, "Hindi, panginoong hari, dahil si Eliseo na propeta
ng Israel ang nagsasabi sa hari ng Israel ng mga sinasabi
mo sa iyong silid!" 13 Tumugon ang hari, "Humayo kayo at
tingnan ninyo kung nasaan si Eliseo nang makapagpadala
ako ng mga tauhan para dakpin siya." At sinabi sa kaniya,
"Nasa Dotan siya." 14 Kaya nagpadala ang hari ng mga
kabayo, mga karwahe at isang malaking hukbo sa Dotan.
Dumating sila nang gabi at pinalibutan ang lungsod. 15 Nang
ang alipin ng lingkod ng Diyos ay maagang bumangon at
lumabas, pagmasdan mo, isang malaking hukbo at mga
kabayo ang nakapaligid sa lungsod. Sinabi ng kaniyang
alipin sa kaniya, "Panginoon! Anong gagawin natin?" 16
Sumagot si Eliseo, "Huwag kang matakot, dahil ang mga
kasama natin ay higit na mas marami kumpara sa kanila."
17 Nanalangin si Eliseo at sinabing, "Yahweh, Nakiki-usap
ako na buksan mo ang mga mata niya nang makakita siya."
Kaya't binuksan ni Yahweh ang mga mata ng kaniyang
alipin at nakakita siya. Ang bundok ay puno ng mga kabayo
at karwahe na nag-aapoy sa paligid ni Eliseo! 18 Nang
bumaba ang mga Aramean sa kaniya, nanalangin si Eliseo
kay Yahweh at sinabing, "Hinihiling kong bulagin mo sila."
Kaya't binulag sila ni Yahweh, gaya ng hiling ni Eliseo. 19
Pagkatapos sinabi ni Eliseo sa mga Aramean, "Hindi ito ang
daan, ni ito ang lungsod. Sumunod kayo sa akin at dadalhin
ko kayo sa taong hinahanap ninyo." At dinala niya sila sa
Samaria. 20 Nang dumating sila sa Samaria, sinabi ni Eliseo,
"Buksan mo ang mga mata nila, Yahweh, nang makakita
sila." Binuksan ni Yahweh ang mga mata nila at nakakita
sila, at nakita nilang nasa gitna sila ng lungsod ng Samaria.
21 Nang makita sila ng hari ng Israel, sinabi niya kay Eliseo,
"Ama, dapat ko na ba silang patayin? Papatayin ko na ba
sila?" 22 Sumagot si Eliseo, "Huwag mo silang patayin.
Papatayin mo ba silang mga kinuha mong bihag gamit
ang espada at pana mo? Maghain ka ng tinapay at tubig
sa kanila para makakain at makainom sila at makapunta
sa kanilang panginoon." 23 Kaya't naghain ng pagkain
ang hari para sa kanila, at nang nakakain at nakainom
sila, pinalaya niya sila at pinabalik sa kanilang panginoon.
Ang mga grupo ng sundalong Aramean na iyon ay hindi
bumalik sa lupain ng Israel nang mahabang panahon. 24
Matapos nito, tinipon ni Ben Hadad, hari ng Aram, ang lahat
ng kaniyang hukbo at lumusob sa Samaria at binihag ito.
25 Kaya't nagkaroon ng matinding taggutom sa Samaria.
Binihag nila ito hanggang ang isang asno ay maibenta sa
halagang walumpung pirasong pilak, at ikaapat na bahagi ng
isang kab ng dumi ng kalapati sa halagang limang pirasong
pilak. 26 Habang dumadaan ang hari ng Israel sa may pader,
isang babae ang umiyak sa kaniya, sinasabing, "Tulungan
mo ako, panginoong hari." 27 Sinabi niya, "Kung hindi ka
tinutulungan ni Yahweh, paano kita matutulungan? Mayroon
bang nanggagaling sa giikan o pigaan ng alak?" 28 Sinabi
pa ng hari, "Ano ang bumabagabag sa iyo?" Tumugon siya,
"Sinabi ng babeng ito sa akin, 'Ibigay mo sa akin ang iyong
anak para kainin natin ngayon, at bukas kakainin natin ang
anak ko.'" 29 Kaya't nilaga namin ang anak ko at kinain ito,
at sinabi ko sa kaniya kinabukasan, "'Ibigay mo sa akin
ang iyong anak para kainin natin, pero tinago niya ito." 30
Kaya nang narinig ng hari ang sinabi ng babae, pinunit
niya ang kaniyang damit (dumadaan siya sa may pader), at
tumingin ang mga tao at nakita na mayroon siyang sako
bilang panloob na kasuotan. 31 Sinabi niya, "Parusahan
nawa ako ng Diyos, at lalong higit pa, kung matatapos ang
araw na nananatili pa rin ang ulo ni Eliseo sa kaniya, anak
ni Safat." 32 Pero nakaupo si Eliseo sa kaniyang bahay
kasama ng mga nakatatanda. Nagpadala ng tao ang hari
pero nang dumating ang mensahero kay Eliseo, sinabi
niya sa mga nakatatanda, "Tingnan ninyo kung paanong
nagpadala ng tao ang anak ng mamamatay-tao na ito para
patayin ako? Kapag dumating siya, isara ninyo ang pinto at
pigilan ninyong mabuksan niya ito. Hindi ba't kasunod niya
ay ang mga yapak ng kaniyang panginoon?" 33 Habang
nakikipag-usap siya sa kanila, dumating ang mensahero
sa kaniya. Sinabi ng hari, "Ang suliraning ito ay galing kay
Yahweh. Bakit kailangan ko pang maghintay kay Yahweh?"

7 Sinabi ni Eliseo, "Pakinggan ninyo ang salita ni Yahweh.
Ito ang sinasabi niya: 'Bukas, sa ganitong oras, isang
takal ng mainam na harina ang ipagbibili kapalit ng isang
sekel, at dalawang takal ng sebada ang ipagbibili kapalit ng
isang sekel sa tarangkahan ng Samaria.'" 2 Pagkatapos ang

kapitan na kanang kamay ng hari ay sumagot sa lingkod ng
diyos, at sinabi, “Masdan mo, kahit na gumawa si Yahweh
ng bintana sa langit, maaari bang mangyari ito?” Tumugon si
Eliseo, “Masasaksihan mo itong mangyari gamit ang sarili
mong mga mata, pero hindi ka makakakain mula dito.” **3**
Ngayon, mayroong apat na lalaking may ketong sa labas ng
tarangkahan ng lungsod. Sinabi nila sa isa't isa, “Bakit tayo
mauupo rito hanggang mamatay tayo? **4** Kung sabihin nating
papasok tayo sa lungsod, ang taggutom ay nasa lungsod, at
mamamatay tayo roon. Pero kung uupo pa rin tayo dito,
mamamatay pa rin tayo. Kaya ngayon, halika, pumunta
tayo sa hukbo ng mga Aramean. Kung pananatilihin nila
tayong buhay, mabubuhay tayo, at kung papatayin nila tayo,
mamamatay lang tayo.” **5** Kaya tumayo sila nang mag-
gagabi na para pumunta sa kampo ng mga Aramean; nang
dumating sila sa pinakalabas na bahagi ng kampo, walang
naroon. **6** Dahil pinarinig ng Panginoon sa mga Aramean
ang ingay ng mga karwahe, at ang ingay ng mga kabayo
—ang ingay ng isang malaking hukbo, at sinabi nila sa
isa't isa, “Inupahan ng hari ng Israel ang mga hari ng mga
Hiteo at mga taga-Ehipto para pumunta laban sa amin.”
**7** Kaya tumayo ang mga sundalo at tumakas nang mag-
gagabi na; iniwan nila ang kanilang mga tolda, mga kabayo,
mga asno, at ang kampo sa lagay nito, at tumakas para
sa mga buhay nila. **8** Nang dumating sa pinakalabas na
bahagi ng kampo ang mga lalaking may ketong, pumasok
sila sa loob ng isang tolda at kumain at uminom, at tinangay
ang pilak at ginto at mga damit at tinago ito. Bumalik sila at
pumasok sa isa pang tolda at tinangay ang mga nasamsam
nila mula roon at tinago itong muli. **9** Pagkatapos sinabi nila
sa isa't isa, “Hindi tama ang ginagawa natin. Ang araw na
ito ay araw ng magandang balita, pero nananahimik tayo
patungkol dito. Kung maghihintay tayo hanggang bukang-
liwayway, parurusahan tayo. Kaya, halina at sabihin natin ito
sa sambahayan ng hari.” **10** Kaya't pumunta sila at tinawag
ang mga tagabantay ng tarangkahan ng lungsod. Sinabi
nila sa kanila, “Nagpunta kami sa kampo ng mga Aramean,
pero walang naroon, wala ni tunog ninuman, pero naroon
ang mga kabayo nila, at ang mga asnong nakatali, at ang
mga tolda sa lagay nito.” **11** At isinigaw ng mga bantay ng
tarangkahan ang balita, at pagkatapos sinabi ito sa loob ng
sambahayan ng hari. **12** Pagkatapos bumangon ang hari
kinagabihan at sinabi sa kaniyang mga lingkod, “Sasabihin
ko sa inyo ngayon ang ginawa ng mga Aramean sa atin.
Alam nilang gutom tayo, kaya umalis sila ng kampo para
magtago sa mga bukirin. Sinasabi nila, “Sa oras na lumabas
sila sa lungsod, kukunin natin sila nang buhay, at papasok
tayo sa lungsod.'” **13** Sumagot ang isa sa mga lingkod ng
hari at sinabing, “Pakiusap, hayaan mong kunin ng ilan
sa mga tauhan ang limang kabayong natitira sa lungsod.
Tulad sila ng lahat ng natitira sa mga mamamayan ng Israel
—karamihan ay patay na; hayaan mong ipadala namin sila
at tingnan ito.” **14** Kaya kumuha sila ng dalawang karwahe
na may mga kabayo, at sinugo sila ng hari sa hukbo ng mga
Aramean, sinasabing, “Tingnan ninyo iyon.” **15** Sinundan
nila sila hanggang sa Jordan, at ang lahat ng daanan ay
puno ng mga damit at gamit na iniwan ng mga Aramean
sa pagmamadali. Kaya bumalik ang mga mensahero at
sinabi sa hari.” **16** Lumabas ang mga tao at sinamsam
ang mga gamit sa kampo ng mga Aramean. Kaya ang
takal ng mainam na harina ay ipinagbili sa halagang isang
sekel at ang dalawang takal ng sebada ay kapalit ng isang
sekel, tulad ng sinabi ni Yahweh. **17** Inutusan ng hari ang
kapitan, ang kaniyang kanang kamay, para mangasiwa sa
tarangkahan, at tinapak-tapakan siya ng mga tao sa daan
ng tarangkahan. Namatay siya gaya ng sinabi ng lingkod ng
Diyos nang bumaba ang hari sa kaniya. **18** Kaya nangyari
iyon gaya ng sinabi ng lingkod ng Diyos sa hari, sinasabing,
“Sa oras na ito sa tarangkahan ng Samaria, ang dalawang
takal ng sebada ay ipagbibili sa halagang isang sekel, at ang
isang takal ng mainam na harina para sa isang sekel.” **19**
Sinagot ng kapitang iyon ang lingkod ng Diyos at sinabing,
“Kahit gumawa si Yahweh ng bintana sa langit, maaari bang
mangyari ito?” Sinabi ni Eliseo, “Makikita mong mangyari
ito nang sarili mong mga mata, pero hindi ka kakain mula
rito.” **20** At nangyari ito sa kaniya sa ganoong paraan, dahil
tinapak-tapakan siya ng mga tao sa tarangkahan, at namatay
siya.

**8** Ngayon nagsalita si Eliseo sa babae na ang anak ay
kaniyang binuhay. Sinabi niya sa kaniya, “Bumangon ka,
at pumunta sa iyong sambahayan, at manatili ka sa ibang
lupain kung saan maaari, dahil magpapadala si Yahweh
ng taggutom na darating sa lupaing ito ng pitong taon.” **2**
Kaya bumangon ang babae at sinunod niya ang salita ng
lingkod ng Diyos. Nagpunta siya sa kaniyang sambahayan at
nanirahan sa lupain ng Filisteo ng pitong taon. **3** Pagkatapos
ng pitong taon bumalik ang babae mula sa lupain ng mga
Filisteo, at siya ay pumunta sa hari para magmakaawa sa
kaniya para sa kaniyang bahay at lupain. **4** Ngayon ang
hari ay nakikipag-usap kay Gehazi na lingkod ng Diyos,
sinasabing, “Pakiusap sabihin sa akin ang lahat ng dakilang
bagay na nagawa ni Eliseo.” **5** Pagkatapos habang sinasabi
niya sa hari kung paano binuhay ni Eliseo ang patay na
anak, dumating ang babaeng ang anak ay kaniyang binuhay
na nagmakaawa sa hari para sa kaniyang bahay at lupain.
Sinabi ni Gehazi, “Aking panginoong, hari, ito ang babae,
at ito ang kaniyang anak na lalaki, na binuhay ni Eliseo.”
**6** Nang tanungin ng hari ang babae tungkol sa kaniyang

anak, ipinaliwanag niya ito sa kaniya. Kaya iniutos ng hari sa
isang opisyal para sa kaniya, sinasabing, “Ibalik sa kaniya
ang lahat ng pag-aari niya at lahat ng mga ani ng kaniyang
bukid mula nang araw na iniwan niya ang lupain hanggang
ngayon.” **7** Nagpunta si Eliseo sa Damasco kung saan si Ben-
Hadad ang hari ng Aram ay may sakit. Sinabi sa hari, “Ang
lingkod ng Diyos ay naparito.” **8** Sinabi ng hari kay Hazael,
“Magdala ka ng isang regalo at salubungin ang lingkod
ng Diyos, at sumangguni kay Yahweh sa pamamagitan
niya, sinasabing, 'Gagaling ba ako mula sa sakit na ito?” **9**
Kaya nagpunta si Hazael para salubungin siya at dala niya
ang isang regalo ng bawat uri ng mabubuting bagay sa
Damasco, na dala ng apatnapung kamelyo. Kaya nagpunta
si Hazael at tumayo sa harap ni Eliseo at sinabi, “Ipinadala
ako sa iyo ng iyong anak na si Ben-Hadad hari ng Aram,
tinatanong kung, 'Gagaling ba ako mula sa sakit na ito?” **10**
Sinabi ni Eliseo sa kaniya, “Lumakad ka, sabihin kay Ben-
Hadad, 'Siguradong gagaling ka,' pero ipinakita sa akin ni
Yahweh na siya ay siguradong mamamatay.” **11** Pagkatapos
tumitig si Eliseo kay Hazael hanggang siya ay mapahiya, at
ang lingkod ng Diyos ay umiyak. **12** Tinanong ni Hazael,
“Bakit ka umiiyak, aking panginoon?” Kaniyang sinagot,
“Dahil nalalaman ko ang kasamaan na iyong gagawin sa
bayan ng Israel. Susunugin mo ang kanilang mga kutang
tanggulan, at papatayin mo ang kanilang mga kabataang
lalaki gamit ang espada, dudurugin ang kanilang mga maliliit
na bata, at bibiyakin ang tiyan ng kanilang babaeng buntis.”
**13** Tumugon si Hazael, “Sino ang iyong lingkod, na dapat
gumawa nitong dakilang bagay? Siya ay isang aso lamang.”
Sumagot si Eliseo, “Ipinakita sa akin ni Yahweh na ikaw ang
maghahari sa Aram,” **14** Pagkatapos iniwan ni Hazael si
Eliseo at nagpunta sa kaniyang panginoon, na sinabi sa
kaniya, “Ano ang sinabi ni Eliseo sa iyo?” Sumagot siya,
“Sinabi niya sa akin na ikaw ay tiyak na gagaling.” **15** Nang
sumunod na araw kinuha Hazael ang kumot at nilublob ito
sa tubig, at inilatag ito sa mukha ni Ben-Hadad kaya siya ay
namatay. Pagkatapos si Hazael ay naging hari na kapalit
niya. **16** Sa ikalimang taon ni Joram anak ni Ahab, hari ng
Israel, nagsimulang maghari si Jehoram. Siya ang anak ni
Jehosafat hari ng Juda. Nagsimula siyang maghari nang si
Jehoshafat ay hari ng Juda. **17** Si Jehoram ay tatlumput-
dalawang taong gulang nang siya ay magsimulang maghari,
at naghari siya ng walong taon sa Jerusalem. **18** Lumakad
si Jehoram sa mga pamamaraan ng mga hari ng Israel,
tulad ng ginawa ng sambahayan ni Ahab; dahil ang anak na
babae ni Ahab ay kaniyang asawa, at ginawa niya kung ano
ang masama sa paningin ni Yahweh. **19** Gayunman, dahil
sa kaniyang lingkod na si David, hindi nais ni Yahweh na
wasakin ang Juda, dahil sinabi niya sa kaniya na bibigyan
siya lagi ng mga kaapu-apuhan. **20** Sa mga panahon ni
Jehoram, naghimagsik ang Edom mula sa ilalim ng kamay
ng Juda, at nagtayo sila ng isang hari para manguna sa
kanila. **21** Pagkatapos tumawid si Jehoram kasama ang
kaniyang mga pinuno at lahat ng kaniyang mga karwahe.
Nangyari ito nang siya ay nagising sa gabi at sinalakay at
tinalo ang mga Edomita, na pumaligid sa kaniya at ang mga
pinuno ng mga karwahe. Pagkatapos tumakas ang hukbo
ni Jehoram papunta sa kanilang mga tahanan. **22** Kaya
naghihimagsik ang Edom mula sa kapangyarihan ng Juda
hanggang sa araw na ito. Naghihimagsik din ang Libna sa
panahon ding iyon. **23** Gaya ng ibang mga bagay tungkol
kay Jehoram, ang lahat niyang ginawa, hindi ba nakasulat
ang mga ito sa Ang Aklat ng mga Kaganapan sa buhay ng
mga Hari ng Juda? **24** Namatay si Jehoram at nahimlay
kasama ang kaniyang mga ninuno, at inilibing kasama ang
kaniyang mga ninuno sa lungsod ni David. Pagkatapos ang
anak ni Ahazias ang naging hari na kapalit niya. **25** Nang
ikalabindalawang taon ni Joram anak ni Ahab, hari ng Israel,
si Ahazias anak ni Jehoram, hari ng Juda, ay nagsimulang
maghari. **26** Si Ahazias ay dalawamput-dalawang taong
gulang nang magsimulang maghari; naghari siya ng isang
taon sa Jerusalem. Ang pangalan ng kaniyang ina ay si
Atalia; siya ay anak na babae ni Omri, hari ng Israel. **27**
Lumakad si Ahazias sa pamamaraan ng sambahayan ni
Ahab; ginawa niya kung ano ang masama sa paningin ni
Yahweh, gaya ng ginagawa ng sambahayan ni Ahab, dahil
si Ahazias ay isang manugang na lalaki sa sambahayan
ni Ahab. **28** Pumunta si Ahazias kasama si Joram anak ni
Ahab, para makipaglaban kay Hazael, hari ng Aram, sa
Ramoth-galaad. Sinugatan ng mga Aramean si Joram. **29**
Nagbalik si Haring Joram para magpagaling sa Jezreel sa
mga sugat na ginawa ng mga Aramean sa kaniya sa Rama,
nang nakipaglaban siya kay Hazael hari ng Aram. Kaya si
Ahazias anak ni Jehoram, hari ng Juda, ay bumababa sa
Jezreel para makita si Joram anak ni Ahab, dahil siya ay
nasugatan.

**9** Tinawag ni Eliseo na propeta ang isa sa mga anak ng
mga propeta at sinabi sa kaniya, “Magbihis ka para
maglakbay, pagkatapos dalhin ang maliit na bote ng langis
na ito sa iyong kamay at pumunta sa Ramoth-galaad. **2**
Kapag dumating ka, hanapin mo si Jehu anak ni Jehosafat
anak ni Nimsi, at pumasok ka at patayuin siya sa gitna ng
kaniyang mga kasama, at samahan siya sa loob ng isang
silid. **3** Pagkatapos kunin ang bote ng langis at ibuhos ito sa
kaniyang ulo at sabihing, 'Sinasabi ito ni Yahweh: “Hinirang
kita para maging hari ng Israel,” Pagkatapos buksan ang
pinto, at tumakbo; huwag patagalin.” **4** Kaya ang binata,
ang batang propeta, ay nagpunta sa Ramot-galaad. **5** Nang

dumating siya, namasdan niya ang mga kapitan ng hukbo ay
nakaupo. Kaya sinabi ng batang propeta, "Ako ay may isang
sadya sa iyo, kapitan." Sumagot si Jehu, "Kanino sa amin?"
Sumagot ang batang propeta, "Sa iyo, kapitan." **6** Kaya
tumayo si Jehu at pumasok sa bahay, at ibinuhos ng propeta
ang langis sa kaniyang ulo at sinabi kay Jehu, "sinasabi ito
ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: 'Hinirang kita para maging
hari sa bayan ni Yahweh, sa Israel. **7** Dapat mong patayin
ang pamilya ni Ahab na iyong panginoon, kaya ipaghihiganti
ko ang dugo ng aking mga lingkod na mga propeta, at ang
dugo ng lahat ng mga lingkod ni Yahweh, na pinatay sa
pamamagitan ng kamay ni Jezabel. **8** Dahil ang buong
pamilya ni Ahab ay mapaparusahan, at puputulin ko mula
kay Ahab ang bawat batang lalaki, maging siya ay isang
alipin o isang taong malaya. **9** Gagawin ko sa sambahayan ni
Ahab gaya ng sa sambahayan ni Jeroboam anak ni Nebat at
gaya ng sa sambahayan ni Baasa anak ni Ahias. **10** Kakainin
ng mga aso si Jezabel sa Jezreel, at walang sinuman doon
ang maglilibing sa kaniya." Pagkatapos binuksan ng propeta
ang pintuan at tumakbo. **11** Pagkatapos lumabas si Jehu sa
mga lingkod ng kaniyang panginoon, at sinabi sa kaniya
ng isa, "Mabuti ba ang lahat ng bagay? Bakit pumunta sa
iyo ang baliw na taong ito?" Sumagot si Jehu sa kanila,
"Kilala ninyo ang lalaki at ang mga uri ng bagay na sinasabi
niya." **12** Sinabi nila, "Isang kasinungalingan iyon. Sabihin sa
amin." Sumagot si Jehu, "Sinabi niya ito at iyon sa akin, at
sinabi niya rin, 'Ito ang sinasabi ni Yahweh: Hinirang kita
bilang hari ng Israel." **13** Pagkatapos bawat isa sa kanila
ay mabilis na hinubad ang kaniyang panlabas na damit at
inilagay ito sa paanan ni Jehu para lakaran. Hinipan nila ang
trumpeta at sinabi, "Si Jehu ay hari." **14** Sa pamamaraang
ito nakipagsabwatan si Jehu anak ni Jehosafat anak ni
Nimsi laban kay Joram. Ngayon pinagtatanggol ni Joram
ang Ramot-galaad, siya at lahat ng Israel, dahil kay Hazael
hari ng Aram, **15** pero nagbalik si Haring Joram sa Jezreel
para pagalingin ang sugat na ginawa ng mga Aramean
sa kaniya, nang nakipaglaban siya kay Hazael hari ng
Aram. Sinabi ni Jehu sa mga lingkod ni Joram, "Kung ito
ang iyong palagay, sa gayon huwag hayaang may isang
makatakas at makalabas sa lungsod, para sabihin ang mga
balitang ito sa Jezreel." **16** Kaya sumakay si Jehu sa isang
karwahe patungong Jezreel; dahil doon nagpapahinga si
Joram. Ngayon si Ahazias hari ng Juda ay bumaba para
makita si Joram. **17** Ang bantay ay nakatayo sa tore sa
Jezreel, at nakita niya ang kasama ni Jehu habang siya ay
dumating sa kalayuan; sinabi niya, "Nakikita ko ang isang
pangkat ng kalalakihan na dumarating," Sinabi ni Joram,
'Kumuha ka ng isang mangangabayo, at ipadala siya para
salubungin sila; sabihin sa kaniya para sabihing, 'Ikaw ba
ay dumating para sa kapayapaan?" **18** Kaya ipinadala ang
isang lalaki sa mangangabayo para salubungin sila, sinabi
niya, "Sinabi ito ng hari: 'Ikaw ba ay dumating para sa
kapayapaan?" Kaya sinabi ni Jehu, "Ano ang magagawa
mo sa kapayapaan? Bumalik ka at sumunod sa akin."
Pagkatapos sinabi ng bantay sa hari, "Sinalubong sila
ng mensahero, pero hindi siya babalik." **19** Pagkatapos
nagpadala siya ng pangalawang lalaki na nakakabayo, na
pumunta sa kanila at sinabi, "Sinasabi ito ng hari: 'Ikaw
ba ay dumating para sa kapayapaan? "Sumagot si Jehu,
"Ano ang magagawa mo sa kapayapaan? Bumalik ka at
sumunod sa akin." **20** Muling nag-ulat ang bantay, "Siya ay
sinalubong nila, pero hindi siya babalik. At ang paraan ng
pagpapatakbo ng karwahe ay gaya ng pagpapatakbo ni Jehu
anak ni Nimsi, dahil nagpapatakbo siya ng matulin." **21** Kaya
sinabi ni Joram, "Ihanda mo ang aking karwahe." Inihanda
nila ang kaniyang karwahe, at si Joram hari ng Israel at
Ahazias hari ng Juda ay sumakay, bawat isa sa kaniyang
karwahe, para salubungin si Jehu. Siya ay natagpuan
nila sa lupain ni Nabot na Jezreelita. **22** Nang nakita ni
Joram si Jehu, sinabi niya, 'Ikaw ba ay dumating para sa
kapayapaan, Jehu?" Sumagot siya, "Anong kapayapaan ang
naroroon, kung napakaraming pagsamba sa diyus-diyusan
na mayroong prostitusyon at pangkukulam ng iyong inang si
Jezabel?" **23** Kaya pabalik na tumakas si Joram sa kaniyang
karwahe at sinabi kay Ahazias, "Pagtataksil ito, Ahazias." **24**
Pagkatapos nilabas ni Jehu ang kaniyang pana na buong
lakas niyang pinana si Joram sa pagitan ng kaniyang mga
balikat; tumagos ang palaso sa kaniyang puso, at nalaglag
siya sa kaniyang karwahe. **25** Pagkatapos sinabi ni Jehu
kay Bidkar na kaniyang kapitan, "Damputin at itapon siya
sa bukid ni Nabot na Jezreelita. Isipin kung paano ako at
ikaw ay magkasamang sumakay pagkatapos ni Ahab na
kaniyang ama, inilagay ni Yahweh ang propesiyang ito laban
sa kaniya: **26** 'Totoong nakita ko kahapon ang dugo ni Nabot
at ang dugo ng kaniyang mga anak na lalaki, sinasabi ni
Yahweh, at gagantihan kita sa bukid na ito,' sinasabi ni
Yahweh. Kaya ngayon, kunin at itapon siya sa lugar, sa
bukid na iyon, para maganap kung ano ang sinabi sa atin
na mangyayari sa salita ni Yahweh." **27** Nang makita ito ni
Ahazias ang hari ng Juda, tumakas siya sa daan ng Beth
Haggan. Pero sumunod si Jehu sa kaniya, at sinabi, "Patayin
din siya sa karwahe," at siya ay pinana nila pag-ahon sa Gur,
na nasa Ibleam. Tumakas si Ahazias patungo sa Meggido at
namatay doon. **28** Binuhat ng kaniyang mga lingkod ang
kaniyang katawan sa isang karwahe tungo sa Jerusalem
at inilibing siya sa kaniyang puntod kasama ang kaniyang
mga ninuno sa lungsod ni David. **29** Ngayon nasa ikalabing-
isang taon ni Joram anak ni Ahab na sinimulan ni Ahazias

maghari sa Juda. 30 Nang dumating si Jehu sa Jezreel,
narinig ito ni Jezabel, at pinintahan niya ang kaniyang mga
mata, inayos ang kaniyang buhok, at dumungaw sa bintana.
31 Habang pumapasok si Jehu sa tarangkahan, sinabi niya
sa kaniya, Ikaw ba ay dumating para sa kapayapaan", ikaw
Zimri, mamamatay-tao ng iyong panginoon?" 32 Tumingala
si Jehu sa bintana at sinabi, "Sino ang sa aking panig?
Sino?" Pagkatapos dalawa o tatlong eunuko ang dumungaw.
33 Kaya sinabi ni Jehu, "Ihagis ninyo siya." Kaya inihagis
nila si Jezabel, at tumilamsik ang kaniyang dugo sa mga
pader at sa mga kabayo, tinapakan siya ni Jehu. 34 Nang
pumasok si Jehu sa palasyo, siya ay kumain at uminom.
Pagkatapos sinabi niya, "Asikasuhin ninyo ngayon ang
sinumpang babaeng ito at ilibing siya, dahil siya ay isang
anak na babae ng hari." 35 Pumunta sila para ilibing siya,
pero wala na ang natagpuan sa kaniya kundi bungo na
lamang, ang mga paa, at ang mga palad ng kaniyang kamay.
36 Kaya bumalik sila at sinabi kay Jehu. Sinabi niya, "Ito ang
salita ni Yahweh na sinabi niya sa pamamagitan ng kaniyang
lingkod na si Elias na Tisbita, sinasabing, 'Sa lupain ng
Jezreel kakainin ng mga aso ang laman ni Jezabel, 37 at
ang katawan ni Jezabel ay magiging tulad ng dumi sa mga
bukid sa lupain ng Jezreel, kaya walang makapagsasabing,
"Ito ay si Jezabel."

**10** Ngayon si Ahab ay may pitumpung kaapu-apuhan sa
Samaria. Sumulat si Jehu ng mga liham at ipinadala
nila sa Samaria, sa mga namumuno sa Jezreel, kabilang
ang mga matatanda at tagapag-alaga ng mga kaapu-apuhan
ni Ahab, sinasabing, 2 "Ang mga kaapu-apuhan ng iyong
panginoon ay kasama ninyo, at kayo ay mayroon ding mga
karwahe at kabayo at isang pinagtibay na lungsod at armas.
Kung gayon, sa sandaling dumating ang liham na ito sa
inyo, 3 piliin ang pinakamabuti at pinakanararapat sa mga
kaapu-apuhan ng iyong panginoon at ilagay siya sa trono ng
kaniyang ama, at ipaglaban ang maharlikang lahi ng iyong
panginoon." 4 Pero sila ay natakot at sinabi sa kanilang mga
sarili, "Tingnan ninyo, hindi makatayo ang dalawang hari sa
harap ni Jehu. Kaya paano kami tatayo?" 5 Pagkatapos ang
lalaki na tagapamahala sa palasyo, at lalaki na naroroon sa
lungsod, at pati rin ang mga matatanda, at sila na nagpalaki
sa mga bata, ay nagpasabi kay Jehu, sinasabing, "Kami ang
inyong mga lingkod. Gagawin namin ang lahat ng bagay
na inuutos ninyo sa amin. Hindi namin gagawing hari ang
sinumang lalaki. Gawin kung ano ang mabuti sa inyong
paningin." 6 Pagkatapos sumulat si Jehu ng isang liham sa
kanila sa ikalawang pagkakataon, sinasabing, "Kung kayo
ay nasa aking panig, at kung kayo ay makikinig sa aking
tinig, dapat ninyong kunin ang ulo ng mga lalaki na mga
kaapu-apuhan ng inyong panginoon, at pumunta kayo sa
akin sa Jezreel bukas sa ganitong oras." Ngayon ang mga
kaapu-apuhan ng hari, pitumpu ang bilang, ay kasama ang
mahahalagang lalaki ng lungsod, siyang nagpapalaki sa
kanila. 7 Kaya nang dumating ang liham sa kanila, kinuha
nila ang mga anak na lalaki ng hari at pinatay sila, pitumpung
katao, inilagay ang kanilang mga ulo sa mga basket, at
ipinadala nila kay Jehu sa Jezreel. 8 Isang mensahero ang
dumating kay Jehu, sinasabing, "Dinala nila ang mga ulo ng
mga anak na lalaki ng hari." Kaya sinabi niya, "Ilagay ang
mga ito ng dalawang tumpok sa pasukan ng tarangkahan
hanggang sa umaga." 9 Nang umaga lumabas at tumayo
si Jehu, at sinabi sa lahat ng tao, "Kayo ay walang malay.
Tingnan ninyo, nagbanta ako laban sa aking panginoon at
pinatay siya, pero sinong pumatay sa lahat ng mga ito? 10
Ngayon dapat tiyak ninyong malaman na wala sa bahagi
ng salita ni Yahweh, ang salita na sinabi niya tungkol sa
pamilya ni Ahab, ay babagsak sa lupa, dahil ginawa ni
Yahweh ang kaniyang sinabi sa pamamagitan ng kaniyang
lingkod na si Elias." 11 Kaya pinatay ni Jehu ang lahat ng
natitira sa pamilya ni Ahab sa Jezreel, at lahat ng kaniyang
mahahalagang tauhan, kaniyang malapit na mga kaibigan,
at kaniyang mga pari, hanggang wala nang matira sa kanila.
12 Pagkatapos tumindig at umalis si Jehu; nagpunta siya
sa Samaria. Habang siya ay parating sa Beth Eked ng
pastulan, 13 nakasalubong niya ang mga kapatid na lalaki
ni Ahazias hari ng Juda. Sinabi ni Jehu sa kanila, "Sino
kayo?" Sumagot sila, "Kami ang mga kapatid na lalaki ni
Ahazias, at bababa kami para batiin ang mga anak ng hari
at mga anak ni Reyna Jezabel." 14 Sinabi ni Jehu sa sarili
niyang mga tauhan, "Hulihin silang buhay." Kaya hinuli nila
silang buhay at pinatay sila sa balon ni Beth Eked, lahat
ng apatnapu't dalawang kalalakihan. Hindi siya nagtira ng
sinumang buhay sa kanila. 15 Nang umalis doon si Jehu,
nakasalubong niya si Jonadab anak na lalaki ni Rechab
na dumarating para makipagkita sa kaniya. Binati siya ni
Jehu at sinabi sa kaniya, "Buong puso ka bang makikiisa
sa akin, gaya ng pagiging matapat ko sa iyo? Sumagot si
Jonadab, "Oo" Sabi ni Jehu, kung ganoon nga, iabot mo sa
akin ang iyong kamay". At iniabot ni Jonadab ang kaniyang
kamay, kaya pinasakay siya ni Jehu sa kaniyang karwahe.
16 Sinabi ni Jehu, sumama ka sa akin at tingnan mo ang
aking kasigasigan para kay Yahweh." Kaya sumakay si
Jonadab sa kaniyang karwahe. 17 Nang dumating siya sa
Samaria, pinatay ni Jehu ang lahat ng natitira mula sa mga
kaapu-apuhan ni Ahab sa Samaria, hanggang mawasak niya
ang maharlikang angkan ni Ahab, gaya lamang ng sinabi sa
kanila dati sa pamamagitan ng salita ni Yahweh, na sinabi
niya kay Elias. 18 Pagkatapos sama-samang tinipon ni Jehu
ang lahat ng tao at sinabi sa kanila, "naglingkod si Ahab

kay Baal ng sandali, pero naglilingkod si Jehu sa kaniya
nang higit pa. 19 Kaya ngayon ipadala sa akin ang lahat na
propeta ni Baal, at lahat ng mga sumasamba sa kaniya,
at lahat ng kaniyang mga pari. Huwag ninyong hayaang
may maiwan, dahil mayroong akong isang dakilang handog
para ialay kay Baal. Sinumang hindi dumating ay hindi
mabubuhay." Pero ginawa ito ni Jehu nang may pandaraya,
nang may layunin para patayin ang mga sumasamba kay
Baal. 20 Sinabi ni Jehu, "Italaga ang isang mataimtim na
kapulungan para kay Baal, at magbukod ng isang araw para
dito." Kaya ipinahayag nila ito. 21 Pagkatapos nagpadala
si Jehu sa buong Israel at dumating ang lahat ng mga
sumasamba kay Baal, kaya walang isang lalaki ang naiwan
doon na hindi dumating. Nagpunta sila sa templo ni Baal, at
napuno nito ang dulo hanggang kabila. 22 Sinabi ni Jehu
sa mga lalaki na nag-iingat sa lalagyan ng damit ng mga
pari, "Ilabas ang mga damit para sa lahat ng sumasamba
kay Baal." Kaya inilabas ng mga lalaki ang mga damit sa
kanila. 23 Kaya nagpunta si Jehu kasama si Jonadab anak
na lalaki ni Rechab sa bahay ni Baal, at sinabi niya sa
mga sumasamba kay Baal, "Hanapin at siguraduhin na
wala isa man dito na kasama ninyo mula sa mga lingkod ni
Yahweh, pero ang mga sumasamba lamang kay Baal." 24
Pagkatapos nagpunta sila sa loob para maghandog ng mga
alay at magsunog ng mga handog. Ngayon pumili si Jehu ng
walumpung kalalakihan na nakatayo sa labas, at sinabi sa
kanila, "Kung tumakas ang sinuman sa mga kalakihan na
dinala ko sa inyo, sinuman ang nagpatakas sa lalaking iyon
ay papatayin bilang kapalit ng buhay ng tumakas" 25 Sa
sandaling natapos ni Jehu ang sinunog na handog, sinabi
niya sa bantay at sa mga kapitan, "Pumasok at patayin sila.
Huwag hayaang lumabas ang isa man." Kaya pinatay nila
sila gamit ang talim ng espada, at itinapon sila ng bantay
at ng mga kapitan at nagpunta sa loob ng silid ng bahay
ni Baal. 26 At kinaladkad nila ang banal na mga posteng
bato na nasa loob ng bahay ni Baal, at sinunog nila ito.
27 Sinira nila ang poste, at winasak ang bahay ni Baal at
ginawa itong isang palikuran, hanggang sa araw na ito. 28
Ganoon winasak ni Jehu si Baal at tinanggal ang pagsamba
nito mula sa Israel. 29 Pero hindi iniwan ni Jehu ang mga
kasalanan ni Jeroboam anak ni Nebat, na ginawa niyang
kasalanan sa Israel- iyon ay, ang pagsamba sa mga gintong
guya sa Bethel at Dan. 30 Kaya sinabi ni Yahweh kay Jehu,
"Dahil nagawa mong mabuti ang pagsasagawa kung ano
ang matuwid sa aking paningin, at nagawa sa bahay ni
Ahab ayon sa buong kalooban ng aking puso, ang inyong
mga kaapu-apuhan ay uupo sa trono ng Israel hanggang
sa apat na salinlahi." 31 Pero hindi nag-ingat si Jehu na
lumakad sa batas ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, nang
kaniyang buong puso. Hindi siya tumalikod mula sa mga
kasalanan ni Jeroboam, sa pamamagitan nito ay ginawa
niyang magkasala ang Israel. 32 Sa mga araw na iyon
sinimulang tanggalin ni Yahweh ang mga rehiyon mula Israel,
at tinalo ni Hazael ang mga Israelita sa mga hangganan
ng Israel, 33 mula pasilangan ng Jordan, lahat ng lupain
ng Galaad, ang mga Gadita, at ang mga Rubenita, at ang
mga Manasita, mula Aroer, na nasa lambak ng Arnon, mula
Galaad hanggang Bashan. 34 Para sa ibang mga bagay na
ginawa ni Jehu, at lahat ng kaniyang ginawa, at lahat ng
kaniyang kapangyarihan, hindi ba ito nakasulat sa Ang Aklat
ng Kaganapan sa buhay ng mga Hari ng Israel? 35 Nahimlay
si Jehu kasama ang kaniyang mga ninuno, at inilibing siya
sa Samaria. Pagkatapos si Jehoahas na kaniyang anak ay
naging hari na kapalit niya. 36 Dalawampu't walong taong
naghari si Jehu sa Israel sa Samaria.

11 Ngayon, nang nakita ni Atalia, ang ina ni Ahazias, na
patay na ang kaniyang anak, tumayo siya at pinatay
ang lahat ng mga anak ng hari. 2 Pero kinuha ni Jehoseba,
anak na babae ni Haring Joram at kapatid ni Ahazias, si
Joas anak ni Ahazias, at itinago siya malayo sa mga anak
ng hari na pinatay, kasama ang kaniyang tagapag-alaga;
itinago niya sila sa silid. Itinago nila siya mula kay Atalia
para hindi siya mapatay. 3 Kasama niya si Jehoseba sa
pagtatago sa tahanan ni Yahweh sa loob ng anim na taon,
habang si Atalia ang naghahari sa lupain. 4 Nang ikapitong
taon, nagpadala ng mensahe si Jehoiada at pinapunta ang
mga pinuno ng daan-daang taga-Karito at tagapagbantay sa
kaniya patungo sa templo ni Yahweh. Nakipagtipan siya sa
kanila, at ipinanumpa sa tahanan ni Yahweh. Pagkatapos
ipinakita niya sa kanila ang anak ng hari. 5 Inutusan niya
sila at sinabing, "Ito ang dapat ninyong gawin. Ang ikatlong
bahagi ninyo na pumupunta sa Araw ng Pamamahinga ay
magbantay sa tahanan ng hari, ang ikatlo ay sa Tarangkahan
ng Sur, 6 at ang ikatlo ay sa tarangkahan sa likod ng
himpilan ng bantay." 7 At ang dalawa pang grupo, kayo na
hindi naglilingkod sa Araw ng Pamamahinga, ay bantayan
ang tahanan ni Yahweh para sa hari. 8 Paligiran ninyo ang
hari, lahat ng may sandata sa kaniyang kamay. Sinuman ang
pumasok mula sa inyong hanay, patayin ninyo siya. Samahan
ninyo ang hari kapag siya ay lumalabas at pumapasok.
9 At sinunod ng mga pinuno ng daan-daan ang lahat ng
inutos ni Joiada ang pari. Ang bawat pinuno ay isinama
ang kanilang mga tauhan, ang mga naglilingkod tuwing
Araw ng Pamamahinga pati na ang mga hindi naglilingkod;
at pumunta sila kay Jehoiada, ang pari. 10 Pagkatapos
ibinigay ni Jehoiada ang pari, sa mga pinuno ng daan-daan
ang mga sibat at panangga na pag-aari noon ni Haring
David, na nakatabi sa tahanan ni Yahweh. 11 Kaya ang mga

tagapagbantay ay tumayo, ang bawat isa na may hawak
na sandata, mula sa kanang bahagi ng templo hanggang
sa kaliwang bahagi nito, sa paligid ng altar at templo, na
nakapalibot sa hari. 12 Pagkatapos inilabas ni Jehoiada si
Joas ang anak ng hari, ipinatong ang korona sa kaniya,
at ibinigay sa kaniya ang tipan ng mga utos. Ginawa nila
siyang hari at pinahiran siya ng langis. Nagpalakpakan sila at
sinabing, "Mabuhay ang hari!" 13 Nang narinig ni Atalia ang
ingay ng mga tagapagbantay at ng mga tao, pumunta siya
sa tahanan ni Yahweh. 14 Tiningnan niya, at nakita ang hari
na nakatayo sa gilid ng mga poste, gaya ng nakaugalian, at
ang mga pinuno at manunugtog ng trumpeta ay kasama
ng hari. Lahat ng tao sa lupain ay nagdiriwang at hinihipan
ang trumpeta. Pagkatapos pinunit ni Atalia ang kaniyang
damit at sumigaw, "Taksil! Taksil!" 15 At inutusan ni Jehoiada
ang pari, ang mga pinuno ng daan-daan na kasama ng
mga sundalo; sinabi niya sa kanila, "Ilabas ninyo siya sa
gitna ng mga hanay. Sinuman ang sumunod sa kaniya,
patayin sila gamit ang espada." Dahil sinabi ng pari, "Huwag
ninyong hayaang mapatay siya sa tahanan ni Yahweh. 16
Kaya nagbigay daan sila sa kaniya, at pumunta siya sa
tarangkahan ng kabayo patungo sa tahanan ng hari, at doon
siya pinatay. 17 Kaya gumawa ng tipan si Jehoaida para kay
Yahweh, kay Haring Joas at sa mga mamamayan, na sila ay
dapat maging bayan ni Yahweh, at gumawa rin siya ng tipan
sa pagitan ng hari at ng mga mamamayan. 18 Kaya lahat ng
mamamayan sa lupain ay pumunta sa tahanan ni Baal at
winasak ito. Pinagpira-piraso nila ang altar ni Baal at ang
kaniyang imahe, at pinatay nila si Matan, ang pari ni Baal, sa
harap ng mga altar na iyon. Pagkatapos nagtalaga ng mga
tagapagbantay ang pari sa templo ni Yahweh. 19 Isinama ni
Jehoiada ang mga pinuno ng daan-daan, ang mga Karito,
ang tagapagbantay, at ang lahat ng mamamayan sa lupain.
Ibinaba nila ang hari mula sa tahanan ni Yahweh at dumaan
sa tarangkahan ng tagapagbantay patungo sa palasyo ng
hari. 20 Kaya si Joas ay umupo sa trono. Lahat ng tao sa
lupain ay nagdiwang, at ang lungsod ay tahimik. Tungkol
naman kay Atalia, siya ay pinatay nila gamit ang espada sa
palasyo ng hari. 21 Si Joas ay pitong taon nang magsimula
siyang maghari.

12 Sa ikapitong taon ni Jehu, nagsimulang maghari si
Joas; naghari siya sa loob ng apatnapung taon sa
Jerusalem. Ang pangalan ng kaniyang ina ay si Sibia, na
taga-Beerseba. 2 Ginawa ni Joas kung ano ang matuwid sa
mga mata ni Yahweh sa lahat ng oras dahil tinuturuan siya ni
Jehoiada ang pari. 3 Pero ang mga dambana ay hindi niya
pinagiba. Ang mga tao ay patuloy pa ring naghahandog at
nagsusunog ng insenso roon. 4 Sinabi ni Joas sa mga pari,
"Lahat ng salapi para sa mga kagamitan na nabibilang kay
Yahweh at ang mga dinala sa tahanan ni Yahweh, ang buwis
na naitala, at lahat ng salapi na ibinigay para sa templo
ng mga taong inudyukan ni Yahweh na magbigay— 5 ang
mga salaping ito ay iipunin ng mga pari, bawat isa sa kanila
mula sa nagbabayad ng buwis, at gagamitin nila ito para
ayusin ang templo kapag may kailangang ayusin. 6 Pero sa
dalawampu't tatlong taon na paghahari ni Haring Joas, wala
pang kahit anong naipaaayos ang mga pari sa templo. 7
Kaya tinawag ni Haring Joas si Jehoiada at ang ibang mga
pari; sinabi niya sa kanila, "Bakit wala pa kayong naipaaayos
sa templo? Ngayon hindi na kayo ang kukuha ng salapi
sa mga nagbabayad ng buwis, pero kunin ninyo ang mga
nakolekta para sa pagpapaayos ng templo at ibigay ninyo ito
sa mga makakapag-ayos. 8 Kaya sumang-ayon ang mga
pari na hindi na sila tatanggap ng salapi mula sa mga tao
at hindi na rin sila ang mag-aayos ng templo. 9 Sa halip,
kumuha si Joiada ang pari ng isang baul, binutasan niya
ang takip nito, at inilagay ito sa gilid ng altar, sa kanang
bahagi kung saan dumaraan ang tao patungo sa tahanan ni
Yahweh. Lahat ng mga paring nagbabantay sa pasukan
sa templo ay inilagay dito ang lahat ng salapi na dinala sa
tahanan ni Yahweh. 10 Kapag nakikita nila na marami ng
laman ang baul, lalapit ang mga eskriba ng hari at punong
pari at ilalagay sa mga lalagyan ang salapi at bibilangin
ito, ang salaping nakuha nila sa templo ni Yahweh. 11
Ibinigay nila ang salaping tinimbang sa mga kamay ng mga
kalalakihang nangalaga sa templo ni Yahweh. Ibinayad nila
ito sa mga karpentero at mga manggagawa na nagtatrabaho
sa templo ni Yahweh, 12 at sa mga mason at nagtatapyas
ng bato para ipambili ng kahoy at batong tinapyas para
ayusin ang templo ni Yahweh, at para sa lahat ng dapat
bayaran para maayos ito. 13 Pero ang mga salaping dinala
sa tahanan ni Yahweh ay hindi ginamit para sa paggawa ng
mga kopang pilak, mga pantabas ng mitsa, mga mangkok,
mga trumpeta o anumang kasangkapan na gawa sa ginto o
pilak. 14 Binigay nila ang salapi para sa mga nag-aayos
ng tahanan ni Yahweh. 15 Bilang karagdagan, hindi na
nila hinihingan ng ulat tungkol sa salapi na pampaggawa
ang mga taong nakatanggap at nagbayad nito sa mga
manggagawa, dahil ang mga taong ito ay matatapat. 16
Pero ang mga handog para pambayad sa kasalanan at ang
handog para sa kapatawaran ng kasalanan ay hindi dinala
sa templo ni Yahweh, dahil ang mga ito ay para sa mga pari.
17 Sa panahong iyon, nilusob at nilabanan ni Hazael hari
ng Aram ang Gat, at sinakop ito. Pagkatapos tinangkang
lusubin ni Hazael ang Jerusalem. 18 Kaya kinuha ni Joas
hari ng Juda ang lahat ng kasangkapan na itinalaga nina
Jehosafat at Joram at Ahazias, ang kaniyang mga ninuno,
mga hari ng Juda, para kay Yahweh, ang kaniyang sariling

mga banal na kasangkapan, at lahat ng ginto na makikita sa
mga imbakan sa tahanan ni Yahweh at ng hari; ipinadala
niya ang mga ito kay Hazael ang hari ng Aram. Pagkatapos
umalis na si Hazael mula sa Jerusalem. **19** Ang iba pang
bagay tungkol kay Joas, lahat ng kaniyang ginawa, hindi
ba nasusulat sa Aklat ng mga Kaganapan sa Buhay ng
mga Hari ng Juda? **20** Nag-alsa at sama-samang nagplano
ang kaniyang mga lingkod; nilusob nila si Joas sa tahanan
sa Millo, sa daan papunta ng Sila. **21** Si Josacar, anak ni
Semiat, at Jehozabad anak ni Somer, na kaniyang lingkod,
ay sinalakay siya at siya ay namatay. Inilibing nila si Joas
kasama ng kaniyang mga ninuno sa lungsod ni David, at si
Amasias, na kaniyang anak, ang naging hari kapalit niya.

**13** Sa ikadalawampu't tatlong taon na paghahari ni
Joas, anak ni Ahasias hari ng Juda, si Jehoahas ay
nagsimulang maghari sa Israel sa Samaria; naghari siya sa
loob ng labimpitong taon. **2** Ginawa niya ang masama sa
paningin ni Yahweh at sinundan niya ang mga kasalanan
ni Jeroboam anak ni Nebat, na nagdulot sa Israel na
magkasala; at hindi tumalikod si Jehoahas mula rito. **3** Dahil
dito, nagsiklab ang galit ni Yahweh laban sa Israel at paulit-
ulit niya silang pinasakop kay Hazael hari ng Aram at Ben
Hadad anak ni Hazael. **4** Kaya nagsumamo si Jehoahas kay
Yahweh, at pinakinggan siya ni Yahweh dahil nakita niya ang
pang-aapi sa Israel, kung paano sila inaaapi ng hari ng Aram.
**5** Kaya binigyan ni Yahweh ang Israel ng isang tagapagligtas,
at sila ay nakatakas sa ilalim ng kapangyarihan ng mga
Aramean, at ang bayan ng Israel ay nagsimulang mamuhay
sa kani-kanilang tahanan gaya ng dati. **6** Gayunpaman, hindi
nila tinalikuran ang mga kasalanan ni Jeroboam, na nagdulot
sa Israel na magkasala, at nagpatuloy sila sa paggawa
nito. At nanatili ang diyus-diyosang Asera sa Samaria. **7**
Nagtira ang mga Amarean kay Jehoahas ng limampung
mangangabayo lamang, sampung karwahe, at sampung
libong kawal, dahil winasak sila ng hari ng Aram at ginawang
tulad ng ipa sa panahon ng anihan. **8** Ang iba pang bagay
tungkol kay Jehoahas, at ang lahat ng kaniyang ginawa at
kaniyang kapangyarihan, hindi ba nasusulat sa Aklat ng
mga Kaganapan sa Buhay ng mga Hari ng Israel? **9** Kaya
nahimlay si Jehoahas kasama ng kaniyang mga ninuno, at
siya ay inilibing nila sa Samaria. Si Joas na kaniyang anak
ang naging hari kapalit niya. **10** Sa ikatatlumpu't pitong taon
ng paghahari ni Joas hari ng Juda, nagsimula ang paghahari
ni Jehoas anak ni Jehoahas sa Samaria; naghari siya sa
loob ng labing-anim na taon. **11** Ginawa niya kung ano ang
masama sa paningin ni Yahweh. Hindi niya tinalikuran ang
kasalanan ni Jeroboam anak ni Nebat, kung saan nagdulot
sa Israel na magkasala, at namuhay siya sa mga ito. **12**
Ang iba pang bagay tungkol kay Joas, at lahat ng kaniyang
ginawa, at kaniyang katapangan kung saan nakipaglaban
siya kay Amasias hari ng Juda, hindi ba ito nasusulat sa
Aklat ng mga Kaganapan sa Buhay ng mga Hari ng Israel?
**13** Nakahimlay si Joas kasama ng kaniyang mga ninuno,
at si Jeroboam ang umupo sa kaniyang trono. Inilibing si
Joas sa Samaria kasama ng mga hari ng Israel. **14** Ngayon,
si Eliseo ay nagkasakit na kaniyang ikinamatay kalaunan,
kaya si Joas ay bumaba at nanangis sa kaniya. Sinabi
niya, “Ama ko, ama ko, ang mga karwahe ng Israel at mga
mangangabayo ay kinukuha ka palayo!” **15** Sinabi ni Eliseo,
“Kumuha ka ng pana at ilang palaso,” kaya si Joas ay
kumuha ng isang pana at ilang mga palaso. **16** Sinabi ni
Eliseo sa hari ng Israel, “Hawakan mo ang pana,” kaya
hinawakan niya ito. Pagkatapos, ipinatong ni Eliseo ang
kaniyang kamay sa mga kamay ng hari. **17** Sinabi ni Eliseo,
“Buksan mo ang bintanang nakaharap sa silangan,” kaya
binuksan niya ito. Pagkatapos sinabi ni Eliseo, “Pumana
ka!”, at pumana siya. Sinabi ni Eliseo, “Ito ang palaso ng
katagumpayan ni Yahweh, palaso ng katagumpayan laban
sa Aram, dahil lulusubin mo ang mga Aramean sa Afec
hanggang matalo ninyo sila.” **18** Pagkatapos sinabi ni Eliseo,
“Kunin mo ang mga palaso,” kaya kinuha ito ni Joas. Sinabi
niya sa hari ng Israel, “Ipana mo ito sa lupa,” at pinana niya
ito sa lupa nang tatlong beses, pagkatapos tumigil siya. **19**
Pero ang lingkod ng Diyos ay nagalit sa kaniya at sinabing,
“Dapat pinana mo ang lupa ng lima o anim na beses.
Pagkatapos lulusubin mo ang Aram hanggang maubos mo
sila, pero ngayon, lulusubin mo lang sila ng tatlong beses.”
**20** Pagkatapos namatay si Eliseo, at siya ay inilibing. Ngayon
sumalakay ang pangkat ng mga Moabita sa pagsisimula
ng taon. **21** Habang inililibing nila ang isang lalaki, nakita
nila ang isang pangkat ng Moabita, kaya inihagis nila ang
katawan sa libingan ni Eliseo. Pagkadikit na pagkadikit ng
lalaki sa mga buto ni Eliseo, nabuhay siya at tumayo. **22**
Inapi ni Hazael hari ng Aram ang Israel sa panahon ng
paghahari ni Jehoahas. **23** Pero mahabagin si Yahweh sa
Israel at mayroon siyang awa at malasakit sa kanila, dahil sa
kaniyang tipan kay Abraham, Isaac at Jacob. Kaya hindi
sila winasak ni Yahweh, at hindi niya pa rin sila inilayo sa
kaniyang presensiya. **24** Namatay si Hazael hari ng Aram, at
si Ben Hadad na kaniyang anak ang naging hari kapalit niya.
**25** Binawi ni Jehoas anak ni Joacaz mula kay Ben Hadad
anak ni Hazael ang mga lungsod na kinuha mula kay Joacaz
na kaniyang ama noong digmaan. Nilusob siya ni Joas
tatlong beses, at nabawi niya ang mga lungsod ng Israel.

**14** Sa ikalawang taon ng paghahari ni Jehoas anak ni
Jehoahas, hari ng Israel, si Amasias anak ni Joas,
hari ng Juda ay nagsimulang maghari. **2** Dalawampu't
limang taong gulang siya nang magsimula siyang maghari;

naghari siya sa Jerusalem sa loob ng dalawampu't siyam na
taon. Ang pangalan ng kaniyang ina ay Jehoadan, taga-
Jerusalem. 3 Ginawa niya kung ano ang matuwid sa mga
mata ni Yahweh, pero hindi katulad ng kaniyang ninunong si
David. Ginawa niya ang lahat ng ginawa ni Joas na kaniyang
ama. 4 Pero ang mga dambana ay hindi winasak. Ang mga
tao ay patuloy na nag-aalay at nagsusunog ng insenso sa
mga dambana. 5 Dumating ang pagkakataon nang tumatag
na ang kaniyang paghahari, pinatay niya ang mga lingkod
na pumatay sa kaniyang ama, ang hari. 6 Pero hindi niya
ipinapatay ang mga anak ng mga mamamatay-tao; sa halip,
kumilos siya ayon sa sinasabi ng Kasulatan, sa Aklat ni
Moises, gaya ng iniutos ni Yahweh, na nagsasabing, "Ang
mga ama ay hindi dapat patayin dahil sa kaniyang mga
anak, ni ang mga anak dahil sa kanilang mga magulang.
Sa halip, bawat tao ay dapat patayin dahil sa sarili niyang
kasalanan." 7 Pinatay niya ang sampung libong sundalo
sa Edom sa lambak ng Asin; sinakop niya rin ang Sela sa
digmaan at tinawag itong Jokteel, kung saan ito pa rin ang
tawag hanggang sa araw na ito. 8 Pagkatapos nagpadala
si Amasias ng mga tagapagbalita para kay Jehoas anak
ni Jehoahas anak ni Jehu hari ng Israel, na nagsasabing,
"Halikayo, magkita-kita tayo ng harapan sa digmaan." 9 Pero
nagpadala ng tagapagbalita si Jehoas hari ng Israel pabalik
kay Amasias hari ng Juda, na sinasabing, "Ang matinik
na halaman na nasa Lebanon ay nagpadala ng mensahe
sa sedar sa Lebanon, nagsasabing, "Ibigay mo ang iyong
anak na babae sa anak kong lalaki para maging asawa,'
pero isang mabangis na hayop sa Lebanon ang dumaan at
inapakan ang matinik na halaman. 10 Tunay nga na nilusob
mo ang Edom, at itinaas ka ng iyong puso. Ipagmalaki mo
ang iyong katagumpayan, pero manatili ka sa iyong tahanan,
dahil bakit mo pa ilalagay sa kaguluhan at ibabagsak ang
iyong sarili, ikaw pati na ang Juda? 11 Pero si Amasias ay
hindi nakinig. Kaya lumusob si Jehoas, hari ng Israel; siya at
si Amasias hari ng Juda ay nagkita ng harap-harapan sa
Beth-semes, na pag-aari ng Juda. 12 Natalo ang Juda ng
Israel, at ang bawat isa ay tumakas pauwi. 13 Nabihag ni
Jehoas hari ng Israel, si Amasias hari ng Juda na anak ni
Jehoas na anak ni Ahasias, sa Beth-semes. Pumunta siya
sa Jerusalem at ibinagsak niya ang pader ng Jerusalem
mula sa Tarangkahan ng Efraim hanggang Tarangkahan
ng Sulok, apat na raang kubit ang layo. 14 Kinuha niya
lahat ng ginto at pilak, lahat ng mga kagamitan na nakita sa
tahanan ni Yahweh, at ang mga mahahalagang bagay sa
palasyo ng hari, na may kasama ring bihag, at bumalik na
sa Samaria. 15 Tungkol sa iba pang bagay kay Jehoas,
lahat ng kaniyang ginawa, ang kaniyang kapangyarihan, at
kung paano niya nilabanan si Amasias hari ng Juda, hindi
ba nasusulat sa Aklat ng mga Kaganapan sa Buhay ng mga
Hari ng Israel? 16 Pagkatapos nahimlay si Jehoas kasama
ng kaniyang mga ninuno at inilibing sa Samaria kasama
ng mga hari ng Israel, at si Jeroboam, ang kaniyang anak,
ang naging hari ng Israel. 17 Si Amasias na anak ni Joas,
hari ng Juda, ay nabuhay ng labinlimang taon pagkatapos
ng kamatayan ni Jehoas anak ni Jeoahas, hari ng Israel.
18 Tungkol sa iba pang mga bagay kay Amasias, hindi ba
nasusulat ang mga ito sa Aklat ng mga Kaganapan sa
Buhay ng mga Hari ng Juda? 19 Nagsabwatan sila laban
kay Amasias sa Jerusalem, at tumakas siya papuntang
Laquis. Tumakas siya sa Laquis, pero nagpadala sila ng
mga tauhan sa Laquis at pinatay siya roon. 20 Dinala nila
siya pabalik sakay ng kabayo, at siya ay ibinurol kasama ng
kaniyang mga ninuno sa lungsod ni David. 21 Kinuha ng
mga tao si Uzias, na labing-anim na taong gulang, at ginawa
siyang hari kapalit ng kaniyang amang si Amasias. 22 Si
Uzias ang muling nagpatayo ng Elat at ibinalik ito sa Juda
nang hinimlay si Amasias kasama ng kaniyang mga ninuno.
23 Nang ikalabinlimang taon ng paghahari ni Amasias anak
ni Joas hari ng Juda, si Jeroboam anak ni Jehoas hari ng
Israel, ay nagsimulang maghari sa Samaria; naghari siya
ng apatnapu't isang taon. 24 Ginawa niya kung ano ang
masama sa paningin ni Yahweh. Hindi siya tumalikod sa
anumang kasalanan ni Jeroboam anak ni Nebat, na nagdulot
para magkasala ang Israel. 25 Ibinalik niya ang hangganan
ng Israel mula sa Lebo Hamat hanggang dagat ng Araba,
bilang katuparan sa salita ni Yahweh, ang Diyos ng Israel,
na kaniyang sinabi sa pamamagitan ng kaniyang lingkod na
si Jonas anak ni Amitai, ang propeta, na nagmula sa Gat-
hefer. 26 Dahil nakita ni Yahweh ang paghihirap ng Israel, na
napakapait para sa lahat, alipin man o malaya, at walang
magliligtas sa Israel. 27 Kaya sinabi ni Yahweh na hindi niya
buburahin ang pangalan ng Israel sa ilalim ng kalangitan;
sa halip, niligtas niya sila sa pamamagitan ng kamay ni
Jeroboam anak ni Jehoas. 28 Tungkol sa iba pang mga
bagay kay Jeroboam, lahat ng kaniyang ginawa, kaniyang
kapangyarihan, paano siya nakipagdigma at nabawi ang
Damasco at Hamat, na pag-aari noon ng Juda, para sa
Israel, hindi ba nasusulat ang mga ito sa Aklat ng mga
Kaganapan sa Buhay ng mga Hari ng Israel? 29 Nahimlay si
Jeroboam kasama ng kaniyang mga ninuno, kasama ang
mga hari ng Israel, at si Zecarias ang kaniyang anak ang
naging hari kapalit niya.

**15** Sa ika-dalawampu't pitong taon ni Jeroboam hari ng
Israel, nagsimula ang paghahari ni Uzzias anak ni
Amazias hari ng Juda. 2 Labing anim na taon si Uzzias ng
magsimulang maghari. Naghari siya ng limampu't dalawang
taon sa Jerusalem. Si Jecilias ng Jerusalem ang pangalan

ng kaniyang ina. 3 Ginawa niya ang matuwid sa mata
ni Yahweh, sinunod ang halimbawa ng kaniyang ama, at
gumawa tulad ng ginawa ni Amazias. 4 Subalit, ang mga
dambana ay hindi inalis. Patuloy na nag-aalay ang mga tao
at nagsusunog ng insenso sa mga dambana. 5 Hinayaang
magkaketong ni Yahweh ang hari hanggang sa araw ng
kaniyang kamatayan at nanirahan sa isang nakahiwalay
na tahanan. Si Jotam, ang anak ng hari, ang namahala sa
sambahayan at naghari sa mga mamamayan ng lupain.
6 Ang iba pang mga bagay tungkol kay Uzzias, lahat ng
kaniyang ginawa, hindi ba't ang mga ito ay nakasulat sa Ang
Aklat ng Mga Kaganapan ng mga Buhay ng Hari ng Juda? 7
Kaya nahimlay si Uzzias kasama ng kaniyang mga ninuno;
inilibing siya kasama ng kaniyang mga ninuno sa lungsod ni
David. Si Jotam, kaniyang anak ay naging hari kapalit niya.
8 Sa ika tatlumpu't walong taon ni Uzzias hari ng Juda, si
Zacarias anak ni Jeroboam ang naghari ng Israel sa Samaria
sa loob ng anim na buwan. 9 Ginawa niya ang masama
sa harapan ni Yahweh, gaya ng ginawa ng kaniyang ama.
Hindi niya nilisan ang mga kasalanan ni Jeroboam anak
ni Nebat, na siyang naging dahilan para magkasala ang
Israel. 10 Naghimagsik si Sallum anak ni Jabes laban kay
Zacarias, nilusob siya sa harap ng mga tao at pinaslang
siya. Pagkatapos siya ang pumalit na hari kapalit niya. 11 Sa
iba pang mga bagay tungkol kay Zacarias, ang mga ito ay
nakasulat sa Aklat ng Mga Kaganapan ng mga Buhay ng
Hari ng Israel. 12 Ito ang mga salita ni Yahweh na sinabi
niya kay Jehu, sinasabing, "Ang iyong kaapu-apuhan ay
mauupo sa trono ng Israel hanggang sa ika-apat na salin
lahi." At kaya ito ang naganap. 13 Nagsimulang maghari si
Sallum anak ni Jabes sa ika-tatlumpu't siyam na taon ni
Uzzias hari ng Juda, at siya naghari sa loob lamang ng isang
buwan sa Samaria. 14 Mula sa Tirza si Menahem anak ni
Gadi ay nagtungo sa Samaria. Doon nilusob niya si Sallum
anak ni Jabes, sa Samaria. Pinatay niya siya at naging
hari kapalit niya. 15 Sa iba pang mga bagay tungkol kay
Sallum at ang paghihimagsik na kaniyang ginawa, nakasulat
ang mga ito sa Aklat ng Mga Kaganapan ng mga Buhay
ng Hari ng Israel. 16 Pagkatapos nilusob ni Menahem si
Tipsa at lahat ng naroon, at ang mga hangganang palibot
ng Tirza, dahil hindi nila ibinukas ang lungsod sa kaniya.
Kaya nilusob niya ito, at nilaslas niya ang tiyan ng mga
babaeng buntis sa nayon na iyon. 17 Sa ika-tatlumpu't
siyam na taon ni Uzzias hari ng Juda nagsimulang maghari
si Menahem anak ni Gadi sa Israel; siya ay naghari ng
sampung taon sa Samaria. 18 Ginawa niya ang masama sa
harapan ni Yahweh. Kaya sa buong buhay niya, hindi niya
nilisan ang mga kasalan ni Jeroboam anak ni Nebat, na
siyang nagdulot sa Israel na magkasala. 19 Pagkatapos
si Pul ang hari ng Asiria ay dumating laban sa lupain at
nagbigay si Menahem kay Pul ng isang libong talentong
pilak, para siya ay tulungan ni Pul na palakasin ang kaharian
ng Israel sa kaniyang pangunguna. 20 Siningil ni Menahem
ang halagang ito mula sa Israel sa pag-uutos sa bawat
mayayaman na magbayad ng limampung sekel ng pilak
sa kaniya para ibigay sa hari ng Asiria. Kaya ang hari ng
Asiria ay umuwi at hindi namalagi roon sa lupain. 21 Sa iba
pang mga bagay tungkol kay Menahem, at ang lahat ng
ginawa niya, hindi ba sila ay nakasulat sa Aklat ng Mga
Kaganapan ng mga Buhay ng Hari ng Israel? 22 Kaya
nahimlay si Menahen kasama ng kaniyang mga ninuno, at
si Pekakias kaniyang anak ay naging hari kapalit niya. 23
Sa ika-limampung taon ni Uzzias hari ng Juda, si Pekakias
anak ni Menahem ay nagsimulang maghari sa Israel sa
Samaria; dalawang taon siyang naghari. 24 Ginawa niya ang
masama sa harapan ni Yahweh. Hindi niya iniwan ang mga
kasalanan ni Jeroboam anak ni Nebat, na siyang nagdulot
sa Israel na magkasala. 25 Si Peka anak ni Remalias, isang
kapitan na naglilingkod kay Pekakias, ay nakipagsabwatan
kina Argob at Aries laban sa kaniya at pinaslang siya sa
tanggulan ng palasyo ng hari sa Samaria. Kasama niya ang
limampung kalalakihang taga-Galaad. Pinatay niya siya at
naging hari kapalit niya. 26 Sa iba pang mga bagay tungkol
kay Pekakias, lahat ng ginawa niya, ang mga ito ay nakasulat
sa Aklat ng Mga Kaganapan ng mga Buhay ng Hari ng
Israel. 27 Sa ika-limapu't dalawang taon ni Uzzias hari ng
Juda, si Peka anak ni Remalias ay nagsimulang maghari
sa Isarel sa Samaria; dalawampung taon siya naghari. 28
Ginawa niya ang masama sa harapan ni Yahweh. Hindi
niya nilisan ang mga kasalanan ni Jeroboam anak ni Nebat,
na siyang nagdulot na magkasala ang Israel. 29 Sa mga
panahon na si Peka ay hari ng Israel, si Tiglat Pileser hari
ng Asiria ay dumating at sinakop ang Ijon, Abelbetmaaca,
Janoas, Kades, Hazor, Galaad, Galilee, at lahat ng lupain ng
Naftali. Tinangay niya ang mga mamamayan sa Asiria. 30
Kaya si Hosea anak ni Ela ay nagbuo ng isang sabwatan
laban kay Peka anak ni Remalias. Nilusob niya at pinatay
siya. Pagkatapos siya ay naghari kapalit niya, sa ika-
dalawampung taon ni Jotam anak ni Uzzias. 31 Sa iba pang
mga bagay tungkol kay Peka, lahat ng ginawa niya, ang
mga ito ay nakasulat sa Aklat ng Mga Kaganapan ng mga
Buhay ng Hari ng Israel. 32 Sa ikalawang taon ni Peka anak
ni Remalias, hari ng israel, nagsimulang maghari si Jotam
anak ni Uzzias, hari ng Juda. 33 Dalawampu't limang taon
gulang siya nang magsimula siyang maghari; labing anim na
taon siyang naghari sa Jerusalem. Jerusa ang pangalan
ng kaniyang ina; siya ay anak ni Zadok. 34 Matuwid ang
ginawa ni Jotam sa paningin ni Yahweh. Sinunod niya ang

halimbawang ginawa ng kaniyang amang si Uzzias. 35
Subalit, ang mga dambana ay hindi inalis. Nag-aalay pa rin
at nagsusunog ng insenso ang mga tao sa mga dambana.
Ipinagawa ni Jotam ang tarangkahan sa gawing itaas ng
tahanan ni Yahweh. 36 Sa iba pang mga bagay tungkol kay
Jotam, lahat ng kaniyang ginawa, hindi ba ang mga ito ay
nakasulat sa Aklat ng Mga Kaganapan ng mga Buhay ng
Hari ng Juda? 37 Sa panahong iyon sinimulang isugo ni
Yahweh sina Rezin hari ng Aram, at Peka anak ni Remalias
laban sa Juda. 38 Nahimlay si Jotam kasama ng kaniyang
mga ninuno at inilibing kasama ng kaniyang ninuno sa
lungsod ni David. Pagkatapos si Ahaz, kaniyang anak, ay
naging hari kapalit niya.

**16** Sa ika-labing pitong taon ni Peka anak ni Remalias,
si Ahaz anak ni Jotam hari ng Juda ay nagsimulang
maghari. 2 Dalampung taong gulang si Ahaz nang
magsimulang maghari, at siya ay labing anim na taong
naghari sa Jerusalem. Hindi niya ginawa ang matuwid sa
paningin ni Yahweh kaniyang Diyos, tulad sa ginawa ni
David kaniyang ninuno. 3 Sa halip, nilakaran niya ang landas
ng mga hari ng Israel; sa katunayan, sinunog niya ang
kaniyang anak bilang isang handog na sinusunog, ayon
sa nakasusuklam na mga kaugalian ng mga bansa, na
itinaboy ni Yahweh sa harapan ng mamamayan ng Israel. 4
Naghandog siya ng mga alay at nagsunog ng insenso sa
matataas na lugar, sa tuktok ng burol, at sa lilim ng bawat
luntiang puno. 5 Pagkatapos si Rezin, hari ng Aram at Peka
anak ni Remalias, hari ng Israel, ay dumating at sinalakay
ang Jerusalem. Napalibutan nila si Ahaz, pero hindi siya
magapi. 6 Sa panahong iyon, si Rezin hari ng Aram ay
nabawi ang Elat para sa Aram at itinaboy ang mga taga-
Juda mula sa Elat. Pagkatapos dumating ang mga taga-
Aram sa Elat kung saan sila ay naninirahan hanggang sa
mga araw na ito. 7 Kaya nagsugo ng mga tagapagbalita
si Ahaz kay Tiglat Pileser hari ng Asiria, sinasabing, "Ako
ay iyong lingkod at iyong anak. Lumapit ka at iligtas ako
mula sa kamay ng hari ng Aram at mula sa kamay ng hari
ng Israel, na lumusob sa akin." 8 Kaya kinuha ni Ahaz
ang pilak at gintong mayroon sa tahanan ni Yahweh at
kasama ng mga yaman ng palasyo ng hari at ipinadala
ito bilang isang handog sa hari ng Asiria. 9 Pagkatapos
pinakinggan siya ng hari ng Asiria, at dumating ang hari
ng Asiria laban sa Damasco, sinakop ito at ibinilanggo ang
kanilang mamamayan sa Kir. Pinaslang din niya si Rezin ang
hari ng Aram. 10 Nagtungo sa Damasco si Haring Ahaz para
makipagkita kay Tiglat Pileser hari ng Asiria. Sa Damasco
nakita niya ang isang altar. Pinadala niya kay Urias ang pari
ang isang modelo ng altar at pagpaparisan nito at ang plano
ng lahat ng kailangang gawin. 11 Kaya si Urias ang pari
ay nagtayo ng altar ayon sa plano na ipinadala ni Haring
Ahaz mula sa Damasco. Ito ay natapos bago bumalik si
Haring Ahaz mula sa Damasco. 12 Nang dumating ang
hari mula sa Damasco nakita niya ang altar; lumapit ang
hari sa altar at nag-alay dito. 13 Inalay niya ang kaniyang
handog na susunugin, at handog na butil, ibinuhos niya ang
kaniyang handog na iinumin, at iwinisik ang dugo ng handog
ng pakikisama sa altar. 14 Ang tansong altar na nasa harap
ni Yahweh - inilipat niya ito mula sa harap ng templo, mula sa
pagitan ng kaniyang altar at templo ni Yahweh at nilipat ito
sa gawing hilaga ng kaniyang altar. 15 Pagkatapos inutusan
ni Haring Ahaz si Urias ang pari, sinasabing, " Sa malaking
altar sunugin ang pang-umagang handog na susunugin at
sa gabi ang handog na butil, at ang handog na susunugin ng
hari at kaniyang handog na butil, kasama ang handog na
susunugin ng lahat ng mga tao sa lupain, at ang kanilang
handog na butil at kanilang handog na iinumin. Wisikan itong
lahat ng dugo ng handog na susunugin at lahat ng dugo ng
iaalay. Pero ang tansong altar ay para sa aking paghingi
ng tulong ng Diyos. 16 Ginawa nga ni Urias ang pari kung
ano ang pinag-utos ni Haring Ahaz. 17 Pagkatapos inalis ni
Haring Ahaz ang mga balangkas at palanggana mula sa
mga nalilipat na patungan; inalis din niya ang dagat mula
sa bakang tanso na nasa ilalim nito at inilapag sa batong
nakalatag. 18 Inalis din niya ang may bubong na daanan na
kanilang itinayo sa templo para sa araw ng Pamamahinga,
kasama ang pasukan ng hari sa labas ng templo, lahat dahil
sa hari ng Asiria. 19 Sa iba pang mga bagay tungkol kay
Ahaz at kung ano ang kaniyang ginawa, hindi ba ang mga
ito ay nakasulat sa Ang Aklat ng mga Kaganapan ng mga
Buhay ng Hari ng Juda? 20 Nahimlay si Ahaz kasama ng
kaniyang ninuno at inilibing kasama ang mga ninuno niya sa
lungsod ni David. Si Hezekias kaniyang anak ay naging hari
kapalit niya.

**17** Sa ika-labindalawang taon ni Ahaz hari ng Juda,
nagsimula ang paghahari ni Hosea anak ni Ela. Siyam
na taon niyang pinamunuan ang buong Israel sa Samaria. 2
Ginawa niya ang masama sa paningin ni Yahweh, gayon
man hindi katulad ng mga nakaraang hari ng Israel. 3
Nilusob siya ni Salmaneser hari ng Asiria, at naging lingkod
niya si Hosea at nagbigay sa kaniya ng buwis. 4 Pagkatapos
nabatid ng hari ng Asiria na si Hoesa ay nagbabalak laban
sa kaniya, dahil nagsugo ng mga mensahero si Hosea
kay So hari ng Ehipto; gayundin, hindi siya nagbibigay ng
buwis sa hari ng Asiria, tulad ng ginagawa niya taon-taon.
Kaya ang hari ng Asiria ay iginapos at ikinulong siya. 5
Pagkatapos nilusob ng hari ng Asiria ang buong lupain, at
nilusob ang Samaria at sinakop ito sa loob ng tatlong taon. 6
Sa ika-siyam na taon ni Hosea, sinakop ng hari ng Asiria ang

Samaria at dinalang bihag ang Israel sa Asiria. Dinala niya
sila sa Hala, sa Ilog Habor sa Gozan, at sa mga lungsod ng
Medes. 7 Ang pagkakabihag na ito ay naganap dahil ang
mga Israelita ay nagkasala laban kay Yahweh ang kanilang
Diyos, na naglabas sa kanila mula sa lupain ng Egipto,
mula sa kapangyarihan ng Faraon hari ng Egipto. Ang mga
tao ay sumasamba sa ibang mga diyos at 8 sinusundan
ang mga kaugalian ng mga bansang itinaboy ni Yahweh sa
harapan ng mga Israelita, at sa mga kaugalian ginagawa
ng mga hari ng Israel. 9 Ang mga Israelita ay palihim na
gumawa ng mga bagay na hindi matuwid laban kay Yahweh
ang kanilang Diyos. Nagtayo sila ng mga dambana sa
lahat ng lungsod, mula sa tore ng tagabantay hanggang sa
pinagtibay na lungsod. 10 Nagtayo rin sila ng mga banal na
batong poste at poste ni Asera sa bawat burol at lilim ng
luntiang puno. 11 Nagsunog sila ng insenso roon sa mga
dambana, tulad ng mga ginagawa ng mga bansa, silang
mga itinaboy ni Yahweh sa kanilang harapan. Nagsagawa
ang mga Israelita ng mga masasamang bagay na nagpagalit
kay Yahweh; 12 sumamba sila sa diyus-diyosan, na sinabi ni
Yahweh sa kanila, "huwag ninyo itong gagawin." 13 Gayon
man si Yahweh ay nagpahayag sa Israel at sa Juda sa
bawat propeta at sugo, sinasabing, "Talikuran ang inyong
masasamang gawa at sundin aking mga utos at aking mga
bilin, at maingat na sundin lahat ng batas aking pinag-utos sa
inyong mga ama, at aking ipinabatid sa inyo sa pamamagitan
ng aking mga lingkod ang mga propeta." 14 Pero hindi sila
nakikinig; sa halip sila ay nagmamatigas tulad ng kanilang
mga ninuno na hindi nagtiwala kay Yahweh ang kanilang
Diyos. 15 Tinanggihan nila ang kaniyang kautusan at ang
tipang ginawa sa pagitan niya at kanilang mga ninuno, at
mga utos sa tipan na kaniyang binigay sa kanila. Sinunod
nila ang mga walang kabuluhang kaugalian at maging sila
mismo ay naging walang kabuluhan. Sinundan nila ang mga
paganong bansang nakapaligid sa kanila, silang pinag-utos
na Yahweh na huwag gagayahin. 16 Sinuway nilang lahat
ang mga utos ni Yahweh na kanilang Diyos. Gumawa sila
ng imahe ng dalawang batang baka mula sa hinulmang
bakal para sambahin. Gumawa sila ng poste ni Asera, at
sinamba lahat ng bituin sa langit at si Baal. 17 Inalay nila
ang kanilang mga anak na lalaki at babae sa apoy bilang
mga handog na susunugin, gumamit ng panghuhula at
panggagayuma, pinagbili kanilang mga sarili para gawin ang
masama sa paningin ni Yahweh, at siya ay galitin. 18 Kaya
galit na galit sa Israel si Yahweh at inalis sila sa kaniyang
paningin. Walang ibang natira maliban sa lipi ni Juda. 19
Kahit ang Juda ay hindi sinunod ang mga utos ni Yahweh
ang kanilang Diyos, pero sa halip ay sinundan din ang
mga kaugaliang sinusunod ng Israel. 20 Kaya tinanggihan
ni Yahweh lahat ng lahi ng Israel; pinahirapan niya sila at
ibinigay sila sa kamay ng mga taong aako sa kanila bilang
bagay na samsam, hanggang itinaboy niya sila sa kaniyang
harapan. 21 Pinilas niya ang Israel sa maharlikang angkan
ni David, at ginawa nilang hari si Jeroboam anak ni Nebat.
Nilihis ni Jeroboam ang Israel mula sa pagsunod kay Yahweh
at hinayaan gumawa ng isang malaking kasalanan. 22
Sinunod ng mga Israelita lahat ng pagkakasala ni Jeroboam
at hindi nilisan ang mga ito, 23 kaya inalis ni Yahweh ang
Israel sa kaniyang paningin, gaya ng sinabi niya sa lahat ng
kaniyang mga lingkod ang mga propeta na gagawin niya.
Kaya ang Israel ay tinanggay sa Asiria mula sa sarili niyang
lupain, at ito ang kalagayan hanggang sa araw na ito. 24
Nagdala ng mga tao ang hari ng Asiria mula Babilonia at
mula Cuta, at mula Avva, at mula Hamat at Separvaim, at
inilagay sila sa mga lungsod ng Samaria kapalit ng mga
Israelita. Pinamahalaan nila ang Samaria at nanirahan sa
mga lungsod nito. 25 Naganap ito sa simula ng kanilang
paninirahan doon na hindi nila pinarangalan si Yahweh.
Kaya nagsugo ng mga leon si Yahweh sa kalagitnaan nila
na pumatay ng ilan sa kanila. 26 Kaya sila ay nakipag-usap
sa hari ng Asiria, nagsabing, "Ang bansang dinala mo at
inilagay sa mga lungsod ng Samaria ay walang alam sa
mga kaugaliang hinihingi ng diyos ng lupain. Kaya siya ay
nagsugo ng mga leon sa aming kalagitnaan, at, tingnan mo,
pinapatay ng mga leon ang mga tao dahil hindi nila alam
ang kaugaliang hinihingi ng diyos ng lupain. 27 Pagkatapos
pinag-utos ng hari ng Asiria, sinasabing, "'Kunin ang isa
sa mga pari na dinala mo mula roon, at pakawalan siya
at hayaang mamuhay doon, at hayaang siyang turuan sila
ng kaugaliang hinihingi ng diyos ng lupain." 28 Kaya ang
isang pari na kanilang dinala mula sa Samaria ay dumating
at namuhay sa Bethel; sila ay tinuruan niya kung paano
nila dapat pararangalan si Yahweh. 29 Ang bawat katutubo
ay gumagawa ng kanilang sariling diyos, at nilalagay sila
sa mga dambana na ginawa ng mga Samaritano - bawat
katutubo sa mga lungsod kung saan sila naninirahan. 30
Ginawa ng taga-Babilonia si Succot Benot; ginawa ng taga-
Cut si Nergal; ginawa ng taga-Hamat si Asima; 31 ginawa ng
mga Awites si Nibhaz at Tartak; at sinunog ng mga Sefarvita
ang kanilang mga anak kay Adrammelek at Anammelek,
ang mga diyos ng mga Sefarvita. 32 Pinarangalan din nila si
Yahweh, at nagtalaga mula sa kanilang sarili ng mga pari
sa mga matataas na lugar, na nag-aalay para sa kanila sa
templo sa mga dambana. 33 Pinarangalan nila si Yahweh
at sumamba rin sa kanilang mga diyos, sa kaugalian ng
mga bansa pinanggalingan nila. 34 Sa mga araw na ito
nanatili sila sa kanilang sinaunang kaugalian. Hindi nila
pinararangalan si Yahweh, ni sundin nila ang mga bilin, atas,

ang batas, o ang utos na ibinigay ni Yahweh sa bayan ni
Jacob - na siyang pinangalanang Israel - 35 at sa kanila
nakipagtipan si Yahweh at inutusan sila, "Huwag ninyong
katatakutan ang ibang mga diyos, ni yuyukod sa mga iyon,
ni sasambahin sila, ni mag-aalay sa kanila. 36 Pero si
Yahweh, na naglabas sa inyo mula sa lupain ng Egipto
nang may dakilang kapangyarihan at isang nakataas na
kamay, ay siyang ninyong pararangalan; sa kaniya kayo
magpapatirapa, at mag-aalay. 37 Ang mga kautusan at
mga atas, ang batas at ang mga utos na sinulat niya sa
inyo, ay dapat ninyong sundin magpakailanman. Kaya hindi
ninyo dapat katakutan ang ibang mga diyos, 38 at ang
tipang ginawa ko sa inyo, ay hindi ninyo makalilimutan; at
hindi ninyo pararangalan ang ibang mga diyos. 39 Pero si
Yahweh inyong Diyos ay siyang ninyong pararangalan. Siya
ang magliligtas sa iyo mula sa kapangyarihan ng inyong
mga kaaway." 40 Hindi sila makikinig, dahil patuloy nilang
ginagawa ang ginawa nila dati. 41 Kaya may takot ang mga
bansang ito kay Yahweh at sinamba rin ang kanilang mga
inukit na imahe, at ganoon din ang ginawa ng kanilang mga
anak - tulad ng ginawa ng kanilang mga apo. Nagpapatuloy
sila sa ginawa ng kanilang ninuno, hanggang sa araw na ito.

**18** Ngayon sa pangatlong taon ni Hosea na anak ni Ela,
hari ng Israel, nagsimulang maghari si Hezekias na
anak ni Ahaz, hari ng Juda. 2 Dalawampu't limang taong
gulang siya nang magsimula siyang maghari; naghari siya
ng dalawampu't siyam na taon sa Jerusalem. Abija ang
pangalan ng kaniyang ina; na anak ni Zecarias. 3 Ginawa
niya ang tama sa paningin ni Yahweh, sinunod ang lahat
ng halimbawa na ginawa ni David, na kaniyang ninuno.
4 Tinanggal niya ang mga dambana, winasak ang mga
sagradong poste na gawa sa bato, at pinutol ang mga poste
ni Asera. Pinagpira-piraso niya ang tansong ahas na ginawa
ni Moises, dahil sa mga panahon na iyon nagsusunog dito
ng insenso ang bayan ng Israel; tinawag itong "Nehustan". 5
Nagtiwala si Hezekias kay Yahweh, ang Diyos ng Israel, na
walang katulad sa lahat ng mga haring sumunod sa kaniya,
ni sa mga haring sinundan niya. 6 Dahil nanindigan siya
kay Yahweh. Hindi siya tumigil sa pag-sunod sa kaniya
pero iningatan niya ang lahat ng kaniyang mga kautusan,
na inutos ni Yahweh kay Moises. 7 Kaya sinamahan ni
Yahweh si Hezekias, at saanman siya pumunta siya ay
sumagana. Naghimagsik siya laban sa hari ng Asiria at
hindi siya pinaglingkuran. 8 Nilusob niya ang mga taga-
Filisteo patungong Gaza at ang mga hangganang nasa
paligid, mula sa tore ng bantay hanggang sa matibay na
lungsod. 9 Sa ika-apat na taon ni Haring Hezekias, na ika-
pitong taon ni Haring Hosea na anak ni Ela hari ng Israel,
nilusob ni Salmaneser na hari ng Asiria ang Samaria at
pinalibutan ito. 10 Sa katapusan ng ikatlong taon ay kinuha
nila ito, sa ika-anim na taon ni Hezekias, na ika-siyam na
taon ni Hoshea na hari ng Israel; sa ganitong paraan ay
nasakop ang Samaria. 11 Kaya dinala ng hari ng Asiria ang
mga Israelita papuntang Asiria at nilagay sila sa Hala, at
sa Ilog Habor sa Gozan, at sa mga lungsod ng Medes. 12
Ginawa niya ito dahil hindi nila sinunod ang tinig ni Yahweh
na kanilang Diyos, pero nilabag ang kaniyang tipan, lahat
ng inutos ni Moises ang lingkod ni Yahweh. Tinanggihan
nilang makinig dito o gawin ito. 13 Pagkatapos sa ika-labing
apat na taon ni Haring Hezekias, nilusob ni Senaquerib na
hari ng Asiria ang lahat ng matitibay na lungsod ng Juda at
sinakop sila. 14 Kaya nagpadala si Hezekias hari ng Juda
ng mensahe sa hari ng Asiria, na nasa Lacis, sinasabing,
"Nasaktan ko ang iyong kalooban. Lumayo ka mula sa
akin. Titiisin ko kung anuman ang ipataw mo sa akin."
Hiningi ng hari ng Asiria kay Hezekias na hari ng Juda na
magbayad ng tatlong daang talento ng pilak at tatlumpung
talento ng ginto. 15 Kaya binigay sa kaniya ni Hezekias
ang lahat ng pilak na natagpuan sa tahanan ni Yahweh
at sa mga pananalapi sa palasyo ng hari. 16 Pagkatapos
pinutol ni Hezekias ang ginto mula sa mga pinto ng templo ni
Yahweh at mula sa mga poste na kaniyang pinagpatungan;
binigay niya ang ginto sa hari ng Asiria. 17 Pero pinakilos
ng hari ng Asiria ang kaniyang dakilang hukbo, pinadala si
Tartan at Rabsaris at ang punong tagapag-utos mula sa
Lacis kay Haring Hezekias sa Jerusalem. Naglakbay sila sa
kalsada at dumating sa labas ng Jerusalem. Nilapitan nila
ang padaluyan ng tubig sa itaas na tubigan, sa malawak
na daanan ng mga naglalaba, at tumayo dito. 18 Nang
nanawagan sila kay Haring Hezekias, sina Eliakim na
anak ni Hilkias, na namamahala ng sambahayan, at Sebna
ang eskriba, at Joas anak ni Asaf, ang tagapagtala, ay
lumabas para katagpuin sila. 19 Kaya sinabi sa kanila ng
punong tagapag-utos na sabihin kay Hezekias kung ano
ang sinabi ng dakilang hari, ang hari ng Asiria: "Ano ang
pinanggagalingan ng iyong kapanatagan? 20 Nagsasalita ka
lang ng mga walang kabuluhang mga salita, sinasabi mong
may mga alyansa at lakas para sa digmaan. Ngayon sino
ang iyong pinagkakatiwalaan? Sino ang nagbigay sa iyo
ng tapang na maghimagsik laban sa akin? 21 Tingnan mo,
nagtitiwala ka sa tungkod na panglakad ng bugbog na tambo
ng Ehipto, pero kapag sinandalan ito ng isang tao tutusok ito
sa kaniyang kamay at bubutasin ito. Iyon ang Paraon hari ng
Ehipto sa sinumang nagtitiwala sa kaniya. 22 Pero kapag
sinabi mo sa akin, 'Nagtitiwala kami kay Yahweh aming
Diyos', hindi ba't siya ang tinaggalan ni Hezekias ng mga
dambana at mga altar, at sinabi sa Juda at sa Jerusalem,
'Dapat kayong magsamba sa altar na ito sa Jerusalem'?

23 Kaya ngayon, nais kong gumawa ka ng magandang
alok mula sa aking panginoon ang hari ng Asiria. Bibigyan
kita ng dalawang libong kabayo, kung makakahanap ka ng
mga sasakay sa kanila. 24 Paano mo malalabanan kahit
ang isang kapitan ng mahihina sa mga lingkod ng aking
panginoon? Pinagkatiwalaan mo ang Ehipto para sa mga
karwahe at mangangabayo! 25 Naglakbay ba ako dito nang
wala si Yahweh para labanan at wasakin ang lugar na
ito? Sinabi sa akin ni Yahweh, 'Lusubin mo ang lupain at
wasakin ito.'" 26 Pagkatapos sinabi nila Eliakim na anak
ni Hilkias, ni Sebna, at ni Joas sa punong tagapag-utos,
"Pakiusap, kausapin mo ang iyong mga lingkod sa wikang
Aramaic, dahil naiintindihan namin ito. Huwag mo kaming
kausapin sa wika ng Juda sa tainga ng mga mamamayang
nasa pader." 27 Pero sinabi ng punong tagapag-utos sa
kanila, "Pinadala ba ako ng aking panginoon para sabihin
sa inyong panginoon at sa inyo ang mga salitang ito?
Hindi ba niya ako pinadala para sa mga taong nakaupo
sa pader, ang kakain ng kanilang sariling mga dumi at
iinumin ang kanilang mga ihi kasama ninyo?" 28 Pagkatapos
tumayo ang punong tagapag-utos at sumigaw nang may
malakas na tinig sa wikang Judio, "Makinig sa salita ng
dakilang hari, ang hari ng Asiria. 29 Sinasabi ng hari, "Huwag
ninyong hayaang linlangin kayo ni Hezekias, dahil hindi niya
kayo maliligtas mula sa aking kapangyarihan. 30 Huwag
ninyong hayaang pilitin kayo ni Hezekias na pagkatiwalaan
si Yahweh, na sinasabing, "Siguradong ililigtas tayo ni
Yahweh; hindi mapapasakamay ang lungsod na ito sa hari
ng Asiria.'" 31 Huwag kayong makinig kay Hezekias, dahil
ito ang sinasabi ng hari ng Asiria: 'Makipagpayapaan kayo
sa akin at lumabas kayo at pumunta sa akin. Pagkatapos
ang bawat isa sa inyo ay kakain sa sarili niyang ubasan at
mula sa sarili niyang puno ng igos, at iinom ng tubig mula
sa sarili niyang balon. 32 Gagawin ninyo ito hanggang sa
dumating ako at dalhin kayo sa lupaing gaya ng inyong
sariling lupain, isang lupain ng butil at bagong alak, isang
lupain ng tinapay at ubasan, isang lupain ng mga puno
ng olibo at pulot, para mabuhay kayo at hindi mamatay.'
Huwag kayong makinig kay Hezekias kapag sinubukan niya
kayong pilitin, na sinasabing, 'Sasagipin tayo ni Yahweh.' 33
Mayroon ba sa mga diyos ng mga tao ang sumagip sa kanila
mula sa kapangyarihan ng hari ng Asiria? 34 Nasaan na ang
mga diyos ng Hamat at Arpad? Nasaan na ang mga diyos
ng Sefarvaim, Hena, at Iva? Sinagip ba nila ang Samaria
mula sa aking kamay? 35 Sa lahat ng mga diyos sa lupain,
mayroon bang diyos na nakapagsagip ng kaniyang lupain
mula sa aking kapangyarihan? Paano ililigtas ni Yahweh ang
Jerusalem mula sa aking kapangyarihan?" 36 Pero nanatiling
tahimik ang mga mamamayan at hindi sumagot, dahil sinabi
sa kanila ng hari, "Huwag ninyo siyang sasagutin." 37
Pagkatapos sina Eliakim na anak ni Hilkias, ang pinuno ng
sambahayan; si Sebna ang eskriba; at Joas ang anak ni
Asaf, ang tagapagtala, ay pinuntahan si Hezekias nang may
mga punit na damit, at inulat sa kaniya ang mga sinabi ng
punong tagapag-utos.

19 Nangyari nga nang malaman ni Haring Hezekias
ang ulat, pinunit niya ang kaniyang damit, binalutan
ang kaniyang sarili ng magaspang na tela, at nagpunta
sa tahanan ni Yahweh. 2 Pinadala niya si Eliakim, na
tagapamahala ng sambahayan, at Sebna ang eskriba, at
ang mga nakatatanda sa mga pari, na binabalutan ng
magaspang na tela, kay Isaias ang anak ni Amoz, ang
propeta. 3 Sinabi nila sa kaniya, "Sinasabi ni Hezekias, 'Ang
araw na ito ay araw ng kabalisaan, pagsaway, at kahihiyan,
dahil dumating na ang panahon ng pagpapanganak sa mga
sanggol, pero walang lakas para isilang sila. 4 Maaaring
pakikinggan ni Yahweh ang inyong Diyos ang lahat ng mga
sinabi ng punong tagapag-utos, na pinadala ng hari ng
Asiria na kaniyang panginoon para labanan ang buhay na
Diyos, at sasawayin ang mga salitang narinig ni Yahweh
na inyong Diyos. Ngayon ay itaas ninyo ang inyong mga
panalangin para sa mga nalalabing naririto pa." 5 Kaya
pumunta ang mga lingkod ni Haring Hezekias kay Isaias,
6 at sinabi sa kanila ni Isaias, "Sabihin ninyo sa inyong
panginoon: 'Sinasabi ni Yahweh, "Huwag kang matakot sa
mga salitang narinig mo, kung saan kinutya ako ng mga
lingkod ng hari ng Asiria. 7 Tingnan mo, maglalagay ako sa
kaniya ng espiritu, at makaririnig siya ng isang ulat at babalik
siya sa sarili niyang lupain. Dudulutin ko siyang malaglag
sa espada sa sarili niyang lupain." 8 Pagkatapos bumalik
ang punong tagapag-utos at natagpuan ang hari ng Asiria
na nakikipagdigmaan laban sa Libna, dahil narinig niyang
umalis ang hari mula sa Lacis. 9 Pagkatapos narinig ni
Senaquerib na kumilos si Tirhaka ang hari ng Etiopia at ang
Ehipto para kalabanin siya, kaya muli siyang nagpadala ng
mensahero kay Hezekias na may mensaheng: 10 "Sabihin
mo kay Hezekias hari ng Juda, 'Huwag mong hayaang
linlangin ka ng Diyos na siyang pinagkakatiwalaan mo, na
sinasabing, "Hindi mapapasakamay ng hari ng Asiria ang
Jerusalem. 11 Tingnan mo, narinig mo ang ginawa ng mga
hari ng Asiria sa lahat ng mga lupain sa pamamagitan ng
ganap na pagwawasak sa kanila. Kaya masasagip ka ba?
12 Niligtas ba sila ng mga diyos ng mga bansa, ang mga
bansang winasak ng aking mga ama: Gozan, Haran, Rezef,
at ang mga mamamayan ng Eden sa Telasar? 13 Nasaan
ang mga hari ng Hamat, ang hari ng Arpad, ang hari ng
mga lungsod ng Sefarvaim, ng Hena, at Iva?" 14 Natanggap
ni Hezekias ang liham na ito mula sa mga mensahero at

binasa ito. Umakyat siya sa tahanan ni Yahweh at nilatag ito
sa kaniyang harapan. **15** Pagkatapos nanalangin si Hezekias
sa harapan ni Yahweh at sinabing, “Yahweh ng mga hukbo,
Diyos ng Israel, ikaw na nakaluklok sa ibabaw ng kerubim,
ikaw lang ang Diyos sa lahat ng mga kaharian sa buong
mundo. Nilikha mo ang langit at ang lupa. **16** Ibaling mo ang
iyong tainga, Yahweh, at makinig. Buksan mo ang iyong mga
mata, Yahweh, at tingnan, at pakinggan ang mga salita ni
Senaquerib, na kaniyang pinadala para kutyain ang buhay na
Diyos. **17** Tunay nga, Yahweh, winasak ng mga hari ng Asiria
ang mga bansa at ang kanilang mga lupain. **18** Nilagay nila
ang kanilang mga diyos sa apoy, dahil hindi sila mga diyos
pero gawa ng mga kamay ng mga tao, kahoy lamang at
bato. Kaya winasak sila ng mga taga-Asiria. **19** Kaya ngayon,
Yahweh aming Diyos, iligtas mo kami, nagmamakaawa ako,
mula sa kaniyang kapangyarihan, para malaman ng lahat
ng mga kaharian sa mundo na ikaw, Yahweh, ang nag-
iisang Diyos.” **20** Pagkatapos nagpadala si Isaias na anak ni
Amoz ng mensahe kay Hezekias, sinasabing, “Sinasabi ni
Yahweh ang Diyos ng Israel, 'Dahil nanalangin ka sa akin
tungkol kay Senaquerib ang hari ng Asiria, narinig kita. **21**
Ito ang mensahe na sinabi ni Yahweh tungkol sa kaniya:
“Kinamumuhian ka ng birheng anak na babae ng Sion at
pinagtatawanan ka para hamakin ka. Iniiling ng anak na
babae ng Jerusalem ang kaniyang ulo sa iyo. **22** Sino ang
iyong sinuway at kinutya? At sino ang iyong pinagtaasan ng
boses at itinaas ang iyong mata nang may pagmamataas?
Laban sa Banal ng Israel! **23** Nilabanan mo ang Panginoon
sa pamamagitan ng iyong mga mensahero, at sinabing,
“Kasama ng daan-daang kong mga karwahe ay umakyat
ako sa kataasan ng mga kabundukan, sa pinakamataas na
tuktok ng Lebanon. Puputulin ko ang matatayog na sedar at
mainam na mga puno ng igos doon. At papasukin ko ang
pinaka malalayong bahagi nito, ang pinaka masagana nitong
gubat. **24** Humukay ako ng mga balon at uminom ng mga
tubig mula sa mga ibang bansa. Tinuyot ko ang lahat ng mga
ilog ng Ehipto sa ilalim ng aking talampakan.' **25** Hindi mo
pa ba naririnig kung paano ko ito itinakda noon pa man, at
ginawa ito noong sinaunang panahon? Ngayon ay tinutupad
ko na ito. Narito ka para tibagin ang matitibay na lungsod at
maging tumpok ng mga durog na bato. **26** Ang kanilang mga
mamamayan, na kaunti ang lakas, ay nawasak at napahiya.
Sila ay mga halaman sa bukirin, luntiang mga damo, ang
damo sa bubungan o sa bukirin, na sinunog bago pa man
ito lumaki. **27** Pero alam ko ang iyong pag-upo, paglabas,
pagdating, at ang iyong matinding galit laban sa akin. **28**
Dahil sa matinding galit mo sa akin, at dahil umabot sa aking
pandinig ang iyong kayabangan, ilalagay ko ang aking kawit
sa iyong ilong, at ang aking lubid sa iyong bibig; ibabalik kita
sa paraan kung paano ka dumating.” **29** Ito ang magiging
tanda para sa iyo: Sa taon na ito ay kakainin mo ang mga
ligaw na halaman, at sa pangalawang taon ang tutubo mula
roon. Pero sa pangatlong taon ay dapat kang magtanim at
umani, magtanim ng ubasan at kainin ang kanilang bunga.
**30** Ang mga natira sa angkan ni Juda na mabubuhay ay
muling uugat at mamumunga. **31** Dahil mula sa Jerusalem
ay may lalabas na nalabi, mula sa Bundok Sion ay darating
ang mga naligtas. Gagawin ito ng kasigasigan ni Yahweh ng
mga hukbo. **32** Kaya ito ang sinasabi ni Yahweh tungkol
sa hari ng Asiria: “Hindi siya papasok sa lungsod na ito ni
papana ng palaso rito. Hindi siya makakalapit dito ng may
kalasag ni magtatayo ng tungtungang panglusob dito. **33** Ang
daan na kaniyang tinahak para makarating ang magiging
parehong daanan sa kaniyang pag-alis; hindi siya papasok
sa lungsod na ito. Ito ang kapahayagan ni Yahweh.” **34**
Dahil ipagtatanggol ko ang lungsod na ito at sasagipin ito,
para sa sarili kong kapakanan at para sa kapakanan ng
lingkod kong si David.” **35** Nang gabing iyon lumabas ang
anghel ng Diyos at nilusob ang kampo ng mga taga-Asiria,
pinatay ang 185, 000 na mga sundalo. Nang bumangon ang
mga lalaki ng madaling araw, nagkalat ang mga bangkay sa
paligid. **36** Kaya umalis si Senaquerib na hari ng Asiria sa
Israel at umuwi at nanatili sa Ninive. **37** Kinalaunan, habang
sumasamba siya sa tahanan ni Nisroc ang kaniyang diyos,
pinatay siya ng kaniyang mga anak na sina Adramelec
at Sarezer gamit ang espada. Pagkatapos tumakas sila
sa lupain ng Ararat. Pagkatapos ang kaniyang anak na si
Esarhadon ang pumalit sa kaniya bilang hari.

**20** Sa mga panahon na iyon ay may sakit si Hezekias na
maaari niyang ikamatay. Kaya pinuntahan siya ni Isaias
ang anak ni Amoz, at sinabi sa kaniya, “Sinasabi ni Yahweh,
'Ihanda mo ang iyong sambahayan; dahil mamamatay ka na,
at hindi na mabubuhay.'” **2** Pagkatapos humarap si Hezekias
sa pader at nanalangin kay Yahweh, na sinasabing, **3**
“Pakiusap, Yahweh, alalahanin mo kung paano ako buong
pusong lumakad ng tapat sa iyong harapan, at kung paano
ko ginawa ang tama sa iyong paningin.” At tumangis ng
malakas si Hezekais. **4** Bago lumabas si Isaias sa gitnang
patyo, dumating sa kaniya ang mensahe ni Yahweh, na
sinasabing, **5** “Bumalik ka, at sabihin kay Hezekias, ang
pinuno ng aking bayan, 'Ito ang sinasabi ni Yahweh, ang
Diyos ni David na inyong ninuno: “Narinig ko ang iyong
panalangin, at nakita ko ang iyong mga luha. Pagagalingin
na kita sa ikatlong araw, at aakyat ka sa tahanan ni Yahweh.
**6** Dadagdagan ko ng labinlimang taon ang iyong buhay, at
ililigtas kita at ang lungsod na ito mula sa kapangyarihan
ng hari ng Asiria, at ipagtatanggol ko ang lungsod na ito
para sa sarili kong kapakanan at para sa kapakanan ng

aking lingkod na si David.'" 7 Kaya sinabi ni Isaias, "Kumuha kayo ng tumpok ng mga igos." Ginawa nila ito at pinatong sa kaniyang pigsa, at gumaling siya. 8 Sabi ni Hezekias kay Isaias, "Ano ang magiging tanda na pagagalingin ako ni Yahweh, at dapat akong umakyat sa templo ni Yahweh sa ikatlong araw?" 9 Sumagot si Isaias, "Ito ang magiging tanda para sa iyo mula kay Yahweh, na gagawin ni Yahweh ang bagay na kaniyang sinabi. Dapat bang humakbang ang anino ng sampung hakbang pasulong, o sampung hakbang pabalik?" 10 Sumagot si Hezekias, "Madali lang para sa anino na humakbang ng sampung beses pasulong. Hindi, hayaang humakbang ang anino ng sampung hakbang pabalik." 11 Kaya tumawag si Isaias kay Yahweh, at dinulot niya ang anino na humakbang ng sampung beses pabalik, mula sa pinanggalingan nito sa hagdan ni Ahaz. 12 Sa panahon na iyon si Berodac Baladan na anak ni Baladan hari ng Babilonia ay nagpadala ng mga liham at isang kaloob kay Hezekias, dahil narinig niya na nagkaroon ng karamdaman si Hezekias. 13 Nakinig si Hezekias sa mga liham na iyon, at pinakita niya sa mga mensahero ang buong palasyo at ang kaniyang mahahalagang mga gamit, ang pilak, ang ginto, ang mga sangkap at mahalagang langis, at ang imbakan ng kaniyang mga sandata, at lahat ng matatagpuan sa kaniyang mga imbakan. Walang natira sa kaniyang bahay, ni sa lahat ng kaniyang kaharian, ang hindi pinakita ni Hezekias sa kanila. 14 Pumunta si propeta Isaias kay Haring Hezekias at tinanong siya, "Anong sinabi ng mga lalaking ito sa iyo? Saan sila nagmula?" Sinabi ni Hezekias, "Nagmula sila sa malayong bansa ng Babilonia." 15 Tinanong ni Isaias, "Ano ang nakita nila sa bahay mo?" Sumagot si Hezekias, "Nakita nila lahat ng bagay sa aking bahay. Wala sa mga mahahalaga kong mga gamit ang hindi ko ipinakita sa kanila." 16 Kaya sinabi ni Isaias kay Hezekias, "Makinig sa mensahe ni Yahweh: 17 'Tingnan mo, paparating na ang araw nang lahat ng nasa iyong palasyo, ang mga bagay na inimbak ng iyong mga ninuno hanggang sa araw na ito, ay dadalhin sa Babilonia. Walang matitira, sabi ni Yahweh. 18 At ang mga anak na lalaki na nanggaling sa iyo, na ikaw mismo ang nag-alaga—dadalhin nila palayo, at sila ay magiging mga eunoko sa palasyo ng hari ng Babilonia.'" 19 Pagkatapos sinabi ni Hezekias kay Isaias, "Mabuti ang mensahe ni Yahweh na iyong sinabi." Dahil inisip niya, "Hindi ba magkakaroon ng kapayapaan at katatagan sa aking panahon?" 20 Para sa ibang mga bagay tungkol kay Hezekias, at lahat ng kaniyang kapangyarihan, at kung paano niya itinayo ang tubigan at ang padaluyan ng tubig, at paano niya dinala ang tubig sa lungsod—hindi ba nakasulat ang mga ito sa Aklat ng mga Kaganapan sa buhay ng mga Hari ng Juda? 21 Nahimlay si Hezekias kasama ng kaniyang mga ninuno, at si Manasses na kaniyang anak ang pumalit sa kaniya bilang hari.

**21** Labingdalawang taong gulang si Manasses nang magsimula siyang maghari; naghari siya ng limampu't limang taon sa Jerusalem. Hefzibas ang pangalan ng kaniyang ina. 2 Ginawa niya kung ano ang masama sa paningin ni Yahweh, gaya ng mga nakapandidiring mga bagay ng mga bansa na pinalayas ni Yahweh sa harapan ng bayan ng Israel. 3 Dahil itinayo niya muli ang mga dambana na winasak ng kaniyang ama na si Hezekias, at nagtayo siya ng mga altar para kay Baal, gumawa ng poste ni Asera, gaya ng ginawa ni Ahab na hari ng Israel, at lumuhod siya sa lahat ng mga bituin ng langit at sinamba ang mga ito. 4 Nagtayo si Manasses ng paganong mga altar sa tahanan ni Yahweh, bagaman inutos ni Yahweh, "Sa Jerusalem mananatili ang aking pangalan magpakailanman." 5 Nagtayo siya ng mga altar para sa lahat ng mga bituin ng kalangitan sa dalawang patyo ng tahanan ni Yahweh. 6 Hinandog niya ang kaniyang anak bilang sinunog na handog sa apoy, nagsagawa siya ng panghuhula at salamangka, at kumonsulta sa mga nakipagusap sa mga patay at sa mga nakipagusap sa mga espiritu. Gumawa siya ng labis na kasamaan sa paningin ni Yahweh, at pinukaw niya ang Diyos na magalit. 7 Ang inukit niyang imahe ni Asera na ginawa niya, ay inilagay niya sa tahanan ni Yahweh. Ang tahanan na ito ang lugar kung saan nangusap si Yahweh kay David at Solomon na kaniyang anak; na sinasabing, "Sa tahanan na ito at sa Jerusalem, na aking pinili mula sa lahat ng mga tribo ng Israel, mananatili ang aking pangalan magpakailanman. 8 Hindi ko hahayaang maligaw ang landas ng Israel mula sa lupain na aking binigay sa kanilang mga ninuno, kung susundin lang nila ng mabuti ang lahat ng inutos ko sa kanila, at sundin ang lahat ng batas na inutos sa kanila ng aking lingkod na si Moises." 9 Pero hindi nakinig ang mga tao, at inakay sila ni Manasses na gumawa ng higit pang kasamaan kaysa sa mga bansa na winasak ni Yahweh sa harapan ng bayan ng Israel. 10 Kaya nangusap si Yahweh sa pamamagitan ng kaniyang mga lingkod na mga propeta, na sinasabing, 11 "Dahil gumawa ng karumal-dumal na mga bagay si Manasses ang hari ng Juda, at kumilos ng may kasamaan na higit pa sa lahat ng ginawa ng mga Amorita na kaniyang sinundan, at dinulot ding magkasala ang Juda kasama ng kaniyang mga diyus-diyosan," 12 kaya sinasabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, "Tingnan ninyo, malapit na akong magpadala ng labis na kapahamakan sa Jerusalem at Juda na kung sinuman ang makarinig nito, kikilabutan ang pareho niyang tainga. 13 Ilalatag ko sa ibabaw ng Jerusalem ang panukat na linya na ginamit laban sa Samaria, at ang panghulog na ginamit laban sa bahay ni Ahab; pupunasan at

lilinisin ko ang Jerusalem, gaya ng pagpupunas ng pinggan
ng isang tao, pinupunasan ito at pagkatapos ay itinataob
ito. 14 Itatapon ko ang mga nalalabi ng aking mana at
ibibigay sila sa kamay ng kanilang mga kaaway. Magiging
biktima sila ng pandarambong para sa lahat ng kanilang
mga kaaway, 15 dahil ginawa nila kung ano ang masama sa
aking paningin, at pinukaw ako para magalit, simula nang
lumabas ang kanilang mga ninuno sa Ehipto, hanggang sa
araw na ito." 16 Higit pa roon, nagpadanak si Manasses
ng labis na inosenteng dugo, pinuno niya ng kamatayan
ang magkabilang dulo ng Jerusalem. Karagdagan pa ito sa
kasalanan na pinilit niyang gawin ng Juda, sa paggawa ng
masama sa paningin ni Yahweh. 17 Para sa iba pang mga
bagay tungkol kay Manasses, lahat ng kaniyang ginawa, at
ang kasalanan na kaniyang ginawa, hindi ba nakasulat ang
mga ito sa Aklat ng mga Kaganapan sa buhay ng mga Hari
ng Juda? 18 Nahimlay si Manasses kasama ng kaniyang
mga ninuno at inilibing sa hardin ng sarili niyang bahay, sa
hardin ni Uza. Ang kaniyang anak na si Amon ang pumalit sa
kaniya bilang hari. 19 Dalawampu't dalawang taong gulang
si Amon nang magsimula siyang maghari; naghari siya ng
dalawang taon sa Jerusalem. Meshulemet ang pangalan ng
kaniyang ina, na anak ni Haruz ng Jotba. 20 Ginawa niya
kung ano ang masama sa paningin ni Yahweh, gaya ng
ginawa ng kaniyang ama na si Manasses. 21 Sinunod ni
Amon ang lahat ng landas na tinahak ng kaniyang ama at
sinamba ang mga diyus-diyosan na sinamba ng kaniyang
ama, at lumuhod sa kanila. 22 Iniwan niya si Yahweh, ang
Diyos ng kaniyang mga ama, at hindi lumakad sa daan
ni Yahweh. 23 Nagbanta ang mga lingkod ni Amon laban
sa kaniya at pinatay ang hari sa sarili niyang tahanan. 24
Pero pinatay ng mga mamamayan ng lupain ang lahat ng
nagkaisa laban kay Haring Amon, at ginawa nilang hari si
Josias ang anak ng hari bilang kaniyang kapalit. 25 Para
sa iba pang mga bagay tungkol sa ginawa ni Amon, hindi
ba nakasulat ang mga ito sa Aklat ng mga Kaganapan sa
Buhay ng mga Hari ng Juda? 26 Nilibing siya ng mga tao sa
kaniyang puntod sa hardin ni Uza, at si Josias na kaniyang
anak ang pumalit sa kaniya bilang hari.

**22** Si Josias ay walong taong gulang nang magsimula
siyang maghari; naghari siya nang tatlumpu't isang
taon sa Jerusalem. Ang pangalan ng kaniyang ina ay Jedida
(siya ang anak ni Adaya na taga-Boskat). 2 Ginawa niya kung
ano ang tama sa mata ni Yahweh. Lumakad siya sa lahat ng
pamamaraan ni David ang kaniyang ninuno, at hindi siya
lumiko sa kanan man o sa kaliwa. 3 Nangyari ito sa ika-labing
walong taon ni Haring Josias, nang isinugo niya si Safan
anak na lalaki ni Azalias anak na lalaki ni Mesulam, ang
eskriba, sa tahanan ni Yahweh, na sinasabing, 4 Pumunta ka
kay Hilkias ang punong pari at sabihin sa kaniyang bilangin
ang pera na dinala sa tahanan ni Yahweh, na nalikom ng
mga bantay ng templo mula sa bayan. 5 Ipadala mo ito sa
kanila sa mga manggagawa na namamahala sa tahanan
ni Yahweh at ipabigay mo ito sa mga manggagawa na
nasa tahanan ni Yahweh, para kumpunihin ang mga sira
sa templo. 6 Magpabigay ka sa kanila ng pera sa mga
karpintero, mga nagtatayo, at mga mason, at para bumili rin
ng troso at magtabas ng bato para kumpunihin ang templo."
7 Pero hindi kinailangan ang pagbibigay-sulit para sa pera
na ibinigay sa kanila, dahil tapat nila itong pinanghawakan.
8 Sinabi ng punong pari na si Hilkias kay Safan, ang eskriba,
"Natagpuan ko ang Aklat ng Batas sa tahanan ni Yahweh.
Kaya ibinigay ni Hilkias ang aklat kay Safan, at binasa niya
ito. 9 Pumunta si Safan at dinala ang aklat sa hari, at nag-
ulat din sa kaniya, na nagsasabing, "Nagastos na ng inyong
mga lingkod ang pera na natagpuan sa templo at ibinigay ito
sa mga tagapangsiwa na nangalaga sa tahanan ni Yahweh."
10 Pagkatapos sinabi ni Safan ang eskriba sa hari, "Binigyan
ako ni Hilkias ang pari ng isang aklat." Pagkatapos binasa
ito ni Safan sa hari. 11 Noong marinig ng hari ang mga salita
ng batas, pinunit niya ang kaniyang mga damit. 12 Inutusan
ng hari sina Hilkias ang pari, Ahikam na anak ni Safan,
Akbor na anak ni Mikaias, Safan ang eskriba, at Asaias,
ang kaniyang sariling lingkod, na sinasabing, 13 "Pumunta
kayo at sumangguni kay Yahweh para sa akin, at para sa
bayan at para sa lahat ng Juda, dahil sa mga salita ng aklat
na ito na natagpuan. Dahil labis ang galit ni Yahweh na
nag-alab laban sa atin. Labis ito, dahil hindi nakinig ang
ating mga ninuno sa mga salita ng aklat na ito para sundin
ang lahat na isinulat tungkol sa atin." 14 Kaya pumunta
sina Hilkias ang pari, Ahikam, si Akbor, Safan at Asaias kay
Hulda ang babaeng propeta, ang asawa ni Sallum anak
ni Tikva anak ni Harhas, tagapag-ingat ng mga kasuotan
ng mga pari (nanirahan siya sa Jerusalem sa ikalawang
purok), at nagsalita sila sa kaniya. 15 Sinabi niya sa kanila,
"Ito ang sinasabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: "Sabihin
mo sa lalaking nagsugo sa iyo sa akin, 16 "Ito ang kung ano
ang sinasabi ni Yahweh: "Masdan mo, malapit na akong
magdala ng sakuna sa lugar na ito at sa mga naninirahan
dito, lahat ng mga salita ng aklat na nabasa ng hari ng Juda.
17 Dahil tinalikuran nila ako at nagsunog ng insenso sa ibang
mga diyus-diyosan, para galitin nila ako sa lahat ng kanilang
mga ginawa - kaya ang aking galit ay nag-alab laban sa
lugar na ito, at hindi ito mapapawi.'" 18 Pero sa hari ng Juda,
na nagsugo sa iyo para tanungin ang kalooban ni Yahweh,
ito ang kung ano ang sasabihin ninyo sa kaniya: ' Sinasabi
ito ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: Tungkol sa mga salita na
iyong narinig: 19 dahil ang iyong puso ay malambot, at dahil

nagpakumbaba ka sa harap ni Yahweh, nang marinig mo
ang kung ano ang aking sinabi laban sa lugar na ito at sa
mga naninirahan dito, na sila ay pababayaan at magiging
isang sumpa, at dahil sa pinunit mo ang iyong mga damit
at nanangis sa harap ko, nakinig din ako sa iyo' - ito ang
pahayag ni Yahweh. **20** Masdan mo, isasama kita sa iyong
mga ninuno; maisasama ka sa iyong libingan nang may
kapayapaan, ni makikita ng iyong mga mata ang anuman
sa mga sakuna na dadalhin ko sa lugar na ito at sa mga
naninirahan dito." Kaya bumalik sa hari ang mga lalaki dala-
dala ang mensaheng ito.

**23** Kaya nagpadala ng mga sugo ang hari na tinipon sa
kaniya lahat ng mga nakatatandang pinuno ng Juda at
ng Jerusalem. **2** Pagkatapos pumunta ang hari sa tahanan
ni Yahweh, at kasama niya ang lahat ng mga lalaki ng Juda
at lahat ng mga naninirahan sa Jerusalem, at ang mga
pari, mga propeta, at lahat ng mga tao, mula sa hamak
hanggang sa dakila. Pagkatapos binasa niya sa kanilang
pandinig lahat ng mga salita ng aklat ng tipan na natagpuan
sa tahanan ni Yahweh. **3** Tumayo ang hari sa tabi ng haligi
at gumawa ng tipan sa harap ni Yahweh, na susunod kay
Yahweh, at susundin ang kaniyang mga utos, mga batas
ng tipan, at mga tuntunin, nang kaniyang buong puso at
buong kaluluwa, para pagtibayin ang mga salita ng tipang
ito na nakasulat sa aklat na ito. Kaya sumang-ayon ang
lahat ng mga tao na panindigan ang tipan. **4** Inutusan ng
hari ang punong pari na si Hilkias, ang mga pari sa ilalim
niya, at ang mga bantay ng tarangkahan, na ilabas mula sa
templo ni Yahweh lahat ng mga sisidlan na ginawa para
kay Baal at Asera, at para sa lahat ng mga bituin ng langit.
Sinunog niya ang mga iyon sa labas ng Jerusalem sa mga
bukid sa Lambak ng Kidron at dinala ang kanilang abo sa
Bethel. **5** Inalis niya ang mga pari ng mga diyus-diyosan na
pinili ng mga hari ng Juda para magsunog ng insenso sa
mga dambana sa mga lungsod ng Juda at sa mga lugar sa
palibot ng Jerusalem - ang mga nagsunog ng insenso para
kay Baal, para sa araw at sa buwan, para sa mga planeta at
sa lahat ng mga butuin ng langit. **6** Inilabas niya ang poste
ni Asera mula sa templo ni Yahweh, sa labas ng Jerusalem
sa Lambak ng Kidron at sinunog ito roon. Ipinadurog niya ito
at itinapon ang mga abo na iyon sa mga libingan ng mga
karaniwang tao. **7** Inalis niya ang mga gamit sa mga silid ng
mga gumagawa ng mahahalay na ritwal bilang pagsamba,
sa templo ni Yahweh, kung saan humabi ang mga babae ng
mga kasuotan para kay Asera. **8** Inilabas ni Josias ang lahat
ng mga pari mula sa mga lungsod ng Juda at nilapastangan
ang mga dambana kung saan nagsunog ng insenso ang
mga pari, mula Geba hanggang Beerseba. Winasak niya
ang mga dambana sa mga tarangkahan, ang mga dambana
na nasa pasukan patungo sa Tarangkahan ni Josue, na
itinayo ng isang gobernador ng lungsod na nagngangalang
Josue. Ang mga dambanang ito ay nasa gawing kaliwa ng
tarangkahan ng lungsod sa pagpasok ng lungsod. **9** Kahit
na hindi pinapayagan ang mga pari ng mga dambanang
iyon na paglingkuran ang altar ni Yahweh sa Jerusalem,
pinayagan sila na kumain ng tinapay na walang pampaalsa,
tulad ng mga kapwa nila pari. **10** Nilapastangan ni Josias
ang Tofet, na nasa lambak ng Ben Hinom, para walang
makapaghandog ng kaniyang anak na lalaki o kaniyang
anak na babae bilang isang sinunog na handog sa apoy
para kay Molec. **11** Inalis niya ang mga kabayo na ibinigay
ng mga hari ng Juda sa araw. Nasa isang lugar ang mga
iyon sa pasukan patungo sa templo ni Yahweh, malapit sa
silid ni Natan Melec, ang katiwala. Sinunog ni Josias ang
mga karwahe ng araw. **12** Winasak ng haring si Josias ang
mga altar na nasa bubong ng kaitaasang silid ni Ahaz, na
ginawa ng mga hari ng Juda, at ang mga altar na ginawa ni
Manases sa dalawang patyo ng templo ni Yahweh. Winasak
ni Josias ang mga ito sa maraming piraso at tinapon ang
mga ito sa Lambak ng Kidron. **13** Hinamak ni Josias ang
mga dambana na nasa silangan ng Jerusalem, sa katimugan
ng Bundok ng Katiwalian na itinayo ni Solomon ang hari
ng Israel para kay Astoret, ang kasuklam-suklam na diyus-
diyosan ng mga Sidonio, para kay Quemos, ang kasuklam-
suklam na diyus-diyosan ng Moab; at para kay Milcom, ang
kasuklam-suklam na diyus-diyosan ng mga mamamayan ng
Ammon. **14** Binasag ni Haring Josias ang mga sagradong
batong haligi, giniba ang mga poste ni Asera, at pinuno ang
kanilang mga lugar ng mga buto ng tao. **15** Giniba rin ni
Josias ang altar na nasa Bethel at ang dambana na itinayo
ni Jeroboam, anak na lalaki ni Nebat, na nanguna sa Israel
para magkasala. Sinunog niya ang altar sa dambana at
dinurog ito; sinunog niya rin ang poste ni Asera. **16** Nang
makita ni Josias ang lugar, napansin niya ang mga libingan
na nasa gilid ng burol. Ipinadala niya ang mga lalaki para
kunin ang mga kalansay mula sa mga libingan; pagkatapos
sinunog niya ang mga iyon sa altar, na lumapastangan nito.
Ito ay sang-ayon sa salita ni Yahweh na sinabi ng lingkod ng
Diyos, ang lalaki na sa simula pa ay nagsabi ng mga bagay
na ito. **17** Pagkatapos sinabi niya, "Anong bantayog iyon na
nakikita ko?' Sinabi sa kaniya ng mga lalaki ng lungsod,
"Iyon ay ang libingan ng lingkod ng Diyos na nanggaling sa
Juda at nagsalita tungkol sa mga bagay na ito na kagagawa
mo lamang laban sa altar ng Bethel." **18** Kaya sinabi ni
Josias, "Pabayaan ninyo ito. Walang dapat gumalaw ng
kaniyang kalansay." Kaya hindi nila ginalaw ang kaniyang
kalansay, kasama ng kalansay ng propeta na nanggaling
sa Samaria. **19** Ang lahat ng mga templo at dambana na

nasa mga lungsod ng Samaria, na dinulot ng mga hari ng
Israel na pumukaw ng galit ni Yahweh - ipinagiba ni Josias
ang mga iyon. Ginawa niya sa kanila eksakto kung ano ang
nagawa sa Bethel. **20** Pinatay rin niya ang lahat ng mga
pari ng mga dambana sa mga altar doon, at sinunog ang
mga kalansay ng tao sa mga iyon. Pagkatapos bumalik siya
sa Jerusalem. **21** Pagkatapos inutos ng hari sa lahat ng
mga tao, na sinasabing, “Ipagdiwang ang Paskwa para kay
Yahweh ang inyong Diyos, tulad ng nasusulat sa aklat ng
tipan na ito.” **22** Ang gayong pagdiriwang ng Paskwa ay hindi
kailanman idinaos mula pa sa mga araw ng mga hukom na
namuno sa Israel ni sa loob ng lahat ng mga araw ng mga
hari ng Israel o Juda. **23** Ngunit ang Paskwang ito ay tunay
na ipinagdiwang noong ika-labing walong taon ni Haring
Josias; ito ay para kay Yahweh sa Jerusalem. **24** Pinaalis
din ni Josias ang mga nakipag-usap sa mga patay o sa mga
espiritu. Pinaalis din niya ang mga anti-anting, ang mga
diyus-diyosan, at ang lahat ng mga nakasusuklam na mga
bagay na nakita sa lupain ng Juda at sa Jerusalem, para
pagtibayin ang mga salita ng batas na nasusulat sa aklat
na natagpuan ng paring si Hilkias sa tahanan ni Yahweh.
**25** Bago kay Josias, walang naging hari na tulad niya, na
nagtalaga ng sarili kay Yahweh nang kaniyang buong puso,
buong kaluluwa at buong lakas, na sinunod ang lahat ng
batas ni Moises. Ni walang sinumang haring kasunod na
katulad ni Josias. **26** Pero hindi bumaling si Yahweh mula
sa bangis ng kaniyang matinding galit, na nag-alab laban
sa Juda dahil sa lahat ng pagsambang pagano na kung
saan inudyok siya ni Manases. **27** Kaya sinabi ni Yahweh,
“Aalisin ko rin ang Juda mula sa aking paningin, tulad ng
pag-aalis ko sa Israel, at itatapon ko ang lungsod na ito
na aking pinili, Jerusalem, ang tahanan na sinabi kong,
'Malalagay doon ang aking pangalan.'” **28** Tungkol sa ibang
mga bagay hinggil kay Josias, lahat ng kaniyang ginawa,
hindi ba't nasusulat ang mga iyon sa Ang Aklat ng mga
Kaganapan sa Buhay ng mga Hari ng Juda? **29** Sa panahon
na siya ang hari ng Ehipto, nilabanan ni Faraon Neco ang
hari ng Asiria sa Ilog Eufrates. Pumunta si Haring Josias
para harapin si Neco sa labanan, at pinatay siya ni Neco sa
Megido. **30** Binuhat siyang patay ng mga lingkod ni Josias
sa isang karwahe mula sa Megido, dinala siya sa Jerusalem,
at inilibing siya sa kaniyang sariling puntod. Pagkatapos
pinili ng mga mamamayan ng lupain si Jehoahas, anak
ni Josias, pinahiran siya ng langis at ginawa siyang hari
kapalit ng kaniyang ama. **31** Si Jehoahas ay dalawampu't
tatlong taong gulang nang nagsimula siyang maghari, at
siya ay naghari nang tatlong buwan sa Jerusalem. Ang
pangalan ng kaniyang ina ay Hamutal; siya ang anak na
babae ni Jeremias ng Libna. **32** Ginawa ni Jehoahas kung
ano ang masama sa paningin ni Yahweh, tulad ng lahat
ng ginawa ng kaniyang mga ninuno. **33** Ikinadena siya ni
Faraon Neco sa Ribla sa lupain ng Hamat, para hindi siya
makapaghari sa Jerusalem. Pagkatapos minultahan ni Neco
ang Juda ng isang daang talento ng pilak at isang talento ng
ginto. **34** Ginawang hari ni Faraon Neco si Eliakim anak
ni Josias, bilang kapalit ng kaniyang amang si Josias, at
pinalitan ang kaniyang pangalan sa Jehoiakim. Pero dinala
niyang palayo si Jehoahas sa Ehipto, at namatay doon si
Jehoahas. **35** Ibinayad ni Johoiakim kay Faraon ang pilak at
ginto. Binuwisan niya ang lupain para ibayad ang pera, para
sundin ang utos ni Faraon. Pinilit niya ang bawat isang lalaki
sa mga mamamayan ng lupain na magbayad ng pilak at ng
ginto para ibigay ito kay Faraon Neco. **36** Si Jehoiakim ay
dalawamput limang taong gulang nang nagsimula siyang
maghari, at naghari siya ng labing isang taon sa Jerusalem.
Ang pangalan ng kaniyang ina ay Zebida; siya ay ang anak
ni Pedaias ng Ruma. **37** Ginawa ni Jehoiakim kung ano ang
masama sa paningin ni Yahweh, tulad ng lahat ng ginawa
ng kaniyang mga ninuno.

**24** Sa panahon ng paghahari ni Jehoiakim, nilusob ni
Nebucadnezar hari ng Babilonia ang Juda; naging
lingkod niya si Jehoiakim sa loob ng tatlong taon.
Pagkatapos nagtaksil si Jehoiakim at naghimagsik laban
kay Nebucadnezar. **2** Nagpadala si Yahweh laban kay
Jehoiakim ng mga pangkat ng mga Caldean, Aramean,
Moabita, at Ammonita; ipinadala niya sila laban sa Juda
para wasakin ito. Ito ay naaayon sa salita ni Yahweh na
sinabi sa pamamagitan ng kaniyang mga lingkod na mga
propeta. **3** Tiyak na nangyari ito sa Juda sa utos ni Yahweh,
para alisin sila mula sa kaniyang paningin, dahil sa mga
kasalanan ni Manases, lahat ng kaniyang mga ginawa, **4** at
dahil din sa mga inosenteng dugo na kaniyang pinadanak,
dahil pinuno niya ang Jerusalem ng inosenteng dugo. Hindi
mapapatawad ni Yahweh ang mga iyon. **5** Sa ibang mga
bagay patungkol kay Johoiakim, at lahat ng kaniyang ginawa,
hindi ba nasusulat ang mga iyon sa Aklat ng mga Kaganapan
sa Buhay ng mga Hari ng Juda? **6** Humimlay si Johoiakim
kasama ng kaniyang mga ninuno, at ang kaniyang anak na
si Jehoiakin ang naging hari kapalit niya. **7** Hindi na muling
sumalakay ang hari ng Ehipto sa labas ng kaniyang lupain,
dahil sinakop na ng hari ng Babilonia ang lahat ng mga
lupain na hawak ng hari ng Ehipto, mula sa batis ng Ehipto
hanggang sa Ilog Eufrates. **8** Si Johoiakin ay labing walong
taong gulang nang nagsimula siyang maghari; naghari siya
sa Jerusalem sa loob ng tatlong buwan. Ang pangalan ng
kaniyang ina ay Nehusta. Siya ay ang anak na babae ni
Elnatan ng Jerusalem. **9** Ginawa niya kung ano ang masama
sa paningin ni Yahweh - ginawa niya lahat ng nagawa ng

kaniyang ama. 10 Nang panahong iyon sinalakay ng hukbo ni
Nebucadnezar hari ng Babilonia ang Jerusalem at pinaligiran
ang lungsod. 11 Dumating sa lungsod si Nebucadnezar hari
ng Babilonia habang pinaliligiran ito ng kaniyang mga kawal,
12 at si Jehoiakin ang hari ng Juda ay lumabas patungo
sa hari ng Babilonia, siya, ang kaniyang ina, mga lingkod,
prinsipe, at opisyal. Binihag siya ng hari ng Babilonia sa
ika-walong taon ng kaniyang paghahari. 13 Kinuha mula
roon ni Nebucadnezar ang lahat ng mga mahahalagang
bagay sa tahanan ni Yahweh, at ang mga nasa palasyo ng
hari. Pinira-piraso niya ang lahat ng mga gintong bagay na
ginawa ni Solomon hari ng Israel sa templo ni Yahweh, gaya
ng sinabi ni Yahweh na mangyayari. 14 Dinala niyang bihag
ang lahat ng Jerusalem, mga pinuno at mga mandirigma,
sampung libong mga bihag, at lahat ng mga mahuhusay na
manggagawa at mga panday. Walang naiwan kung hindi
ang mga pinakamahihirap na mga tao sa lupain. 15 Itinapon
ni Nebucadnezar si Jehoiakin sa Babilonia, pati na ang
ina ng hari, mga asawa, opisyal, at ang pangunahing mga
lalaki ng lupain. Ipinatapon niya sila sa Babilonia mula sa
Jerusalem. 16 Lahat ng mga kawal, pitong libo ang bilang, at
isang libong mahuhusay na mangagawa at mga panday,
lahat sa kanila may kakayahang lumaban - itinapon ng
hari ng Babilonia ang mga lalaking ito sa Babilonia. 17
Ginawa ng hari ng Babilonia si Matanias, ang kapatid na
lalaki ng ama ni Jehoiakin, na hari kapalit niya, at pinalitan
sa Zedekias ang kaniyang pangalan. 18 Si Zedekias ay
dalawampu't isang taong gulang nang nagsimula siyang
maghari; naghari siya nang labing isang taon sa Jerusalem.
Ang pangalan ng kaniyang ina ay Hamutal; siya ay anak
ni Jeremias na taga-Libna. 19 Ginawa niya kung ano ang
masama sa paningin ni Yahweh - ginawa niya ang lahat
ng bagay na nagawa ni Jehoiakim. 20 Dahil sa galit ni
Yahweh, nangyari sa Jerusalem at Juda ang lahat ng mga
kaganapang ito, hanggang sa mapalayas niya sila mula sa
kaniyang presensya. Pagkatapos naghimagsik si Zedekias
laban sa hari ng Babilonia.

**25** Nangyari ito na sa ika-siyam na taon ng paghahari
ni Haring Zedekias, sa ika-sampung buwan, at sa ika-
sampung araw ng buwan, dumating si Nebucadnezar hari
ng Babilonia kasama ng lahat ng kaniyang hukbo laban sa
Jerusalem. Nagkampo siya sa harap nito, at nagtambak ng
lupa sa paligid ng mga pader. 2 Kaya kinubkob nila ang
lungsod hanggang sa ika-labing isang taon ng paghahari ni
Haring Zedekias. 3 Sa ika-siyam na araw ng ika-apat na
buwan ng taong iyon, napakatindi ng taggutom sa lungsod
kung kaya't walang pagkain para sa mga mamamayan ng
lupain. 4 Pagkatapos pinasok ang lungsod, at kinagabihan
tumakas ang lahat ng mga lumalaban na kalalakihan sa gabi
sa pamamagitan ng tarangkahan sa pagitan ng dalawang
pader, sa may hardin ng hari, kahit na nasa buong paligid
ng lungsod ang mga Caldean. Pumunta ang hari patungo
sa Araba. 5 Pero hinabol ng hukbo ng mga Caldean si
Haring Zedekias at inabutan siya sa mga kapatagan ng
lambak ng Ilog Jordan malapit sa Jerico. Lahat ng kaniyang
hukbo ay nagkaniya-kaniyang takas palayo mula sa kaniya.
6 Binihag nila ang hari at dinala siya sa hari ng Babilonia
sa Ribla, kung saan hinatulan siya nila. 7 Tungkol sa mga
anak na lalaki ni Zedekias, pinatay nila sila sa harap ng
kaniyang paningin. Pagkatapos dinukot niya ang kaniyang
mga mata, ginapos sa mga tansong tanikala, at dinala siya sa
Babilonia. 8 Ngayon sa ika-limang buwan, sa ika-pitong araw
ng buwan, na nasa ika-labing siyam na taon ng paghahari
ni Nebucadnezar hari ng Babilonia at pinuno ng kaniyang
mga tanod, dumating sa Jerusalem si Nebuzaradan, isang
lingkod ng hari ng Babilonia. 9 Sinunog niya ang tahanan ni
Yahweh, ang palasyo ng hari, at ang lahat ng mga bahay
sa Jerusalem; sinunog din niya ang bawat mahalagang
gusali sa lungsod. 10 Tungkol sa lahat ng mga pader na
nakapaligid sa Jerusalem, winasak ang mga iyon ng lahat
ng hukbo ng mga taga-Babilonia na nasa ilalim ng pinuno ng
mga tanod. 11 Tungkol sa nalalabing mga tao na naiwan
sa lungsod, ang mga sumuko sa hari ng Babilonia, at ang
nalalabi sa populasyon - itinapon sila ni Nebuzaradan, ang
pinuno ng tanod. 12 Pero iniwan ng pinuno ng tanod ang ilan
sa pinakamahihirap ng bayan para gumawa sa mga ubasan
at mga bukirin. 13 Tungkol sa mga haliging tanso na nasa
tahanan ni Yahweh, at ang mga patungan at ang tansong
dagat na nasa tahanan ni Yahweh, pinagpira-piraso ang
mga iyon ng mga Caldean at dinala ang tanso sa Babilonia.
14 Ang mga palayok, pala, lalagyan ng abo, kutsara, at
lahat ng mga kagamitang tanso na ginamit ng mga pari
para maglingkod sa templo - tinangay rin ng mga Caldean
lahat ng mga iyon. 15 Ang mga palayok para alisin ang
mga abo at ang mga hugasan na gawa sa ginto, at ang
mga gawa sa pilak - kinuha rin ang mga iyon ng kapitan ng
bantay ng hari. 16 Ang dalawang haligi, ang dagat, at ang
mga patungan na ginawa ni Solomon para sa tahanan ni
Yahweh ay naglalaman ng tanso na higit pa kaysa kayang
timbangin. 17 Ang taas ng isang haligi ay labing walong
siko, at isang tansong kapitel sa ibabaw nito. Ang kapitel ay
tatlong siko ang taas, na may mga sala-salang palamuti at
mga granada sa paligid ng kapitel - lahat gawa sa tanso.
Ang ikalawang haligi at ang sala-salang palamuti nito ay
kapareho ng una. 18 Binihag ng pinuno ng tanod si Seraya,
ang punong pari, kasama ni Zefanias, ang ikalawang pari, at
ang tatlong bantay ng tarangkahan. 19 Mula sa lungsod,
binihag niya ang isang opisyal na tagapamahala ng mga

sundalo, at limang lalaki sa mga tagapayo ng hari, na nasa
lungsod pa. Binihag niya rin ang opisyal ng hukbo ng hari
na namamahala sa pangangalap ng mga lalaking papasok
sa hukbo, kasama ang animnapung mahahalagang lalaki
mula sa lupain na nasa lungsod. **20** Pagkatapos kinuha
sila at dinala ni Nebuzaradan, ang pinuno ng tanod, sa
hari ng Babilonia sa Ribla. **21** Ipinapatay sila ng hari ng
Babilonia sa Ribla sa lupain ng Hamat. Sa ganitong paraan,
naitinapon ang Juda mula sa lupain nito. **22** Tungkol sa
mga natirang mamamayan sa lupain ng Juda, ang mga
iniwan ni Nebucadnezar hari ng Babilonia, itinalaga niya
si Gedalias na anak ni Ahikam na anak ni Safan, para
mamahala sa kanila. **23** Ngayon nang marinig ng mga
pinuno ng mga kawal, sila at ang kanilang mga tauhan,
na ginawang gobernador ng hari ng Babilonia si Gedalias,
pumunta sila kay Gedalias sa Mizpa. Ang mga lalaking
ito ay sina Ismael na anak ni Netanias, Johanan na anak
ni Karea, Seraias na anak ni Tanhumet ang Netofatita at
Jaazanias na anak ng Maacateo - sila at ang kanilang mga
tauhan. **24** Nanumpa si Gedalias sa kanila at sa kanilang
mga tauhan, at sinabi sa kanila, "Huwag kayong matakot
sa mga opisyal na Caldean. Mamuhay kayo sa lupain at
paglingkuran ang hari ng Babilonia, at mapapabuti kayo." **25**
Pero nangyari ito nang sa ika-pitong buwan dumating si
Ismael na anak ni Netanias na anak ni Elisama, mula sa
maharlikang pamilya, na may kasamang sampung lalaki, at
nilusob si Gedalias. Namatay si Gedalias, pati na ang mga
kalalakihan ng Juda at ang mga taga-Babilonia na kasama
niya sa Mizpa. **26** Pagkatapos lahat ng mga tao, mula sa
pinakaaba hanggang sa pinakadakila, at ang mga pinuno ng
mga kawal, ay tumakas patungong Ehipto, dahil takot sila
sa mga taga-Babilonia. **27** Kinalaunan nang ika-tatlumpu't
pitong taon ng pagkapatapon ni Jehoiakin hari ng Juda, sa
ika-labing dalawang buwan, sa ika-dalawampu't pitong araw
ng buwan, na pinalaya ni Evil Merodac hari ng Babilonia
si Jehoiakin hari ng Juda mula sa bilangguan. Nangyari
ito sa taon na nagsimulang maghari si Evil Merodac. **28**
Maayos siyang nakipag-usap sa kaniya at binigyan siya ng
isang puwesto na mas marangal kaysa sa ibang mga hari
na kasama niya sa Babilonia. **29** Hinubad ni Evil Merodac
ang mga damit pang bilangguan ni Jehoiakin, at regular na
kasalo sa hapag kainan ng hari si Jehoiakin habang siya ay
nabubuhay. **30** At araw-araw binigyan siya ng regular na
rasyon ng pagkain para sa nalalabing bahagi ng kaniyang
buhay.

# 1 Mga Cronica

**1** Si Adan, Set, Enos, **2** Kenan, Mahalalel, Jared, **3** Enoc,
Matusalem, Lamec, **4** Noe, Shem, Ham, at Jafet. **5** Ang
mga anak na lalaki ni Jafet ay sina Gomer, Magog, Madai,
Javan, Tubal, Meshec, at Tiras. **6** Ang mga anak na lalaki ni
Gomer ay sina Askenaz, Difat at Togarma. **7** Ang mga anak
na lalaki ni Javan ay sina Elisha, Tarsis, Kitim, at Dodanim.
**8** Ang mga anak na lalaki ni Ham ay sina Cus, Misraim,
Phuth at Canaan. **9** Ang mga anak na lalaki ni Cus ay sina
Seba, Habila, Sabta, Raama, at Sabteca. Ang mga anak
na lalaki ni Raama ay sina Sheba at Dedan. **10** Si Cus ay
naging ama ni Nimrod, na unang mananakop sa lupa. **11** Si
Misraim ay ninuno ni Ludim, Ananim, Lehabim at Naftuhim,
**12** Patrusim, Casluhim (kung saan nagmula ang mga taga-
Filisteo), at ang Caftorim. **13** Si Canaan ay ama ni Sidon,
ang kaniyang panganay na anak, at ni Het. **14** Siya din ang
naging ninuno ng mga Jeboseo, Amoreo, Gergeseo, **15**
Hivita, Arkita, Sinita, **16** Arvadita, Zemareo, at Hamateo.
**17** Ang mga anak ni Shem ay sina Elam, Asur, Arfaxad,
Lud, Aram, Uz, Hul, Geter at Meshec. **18** Si Arfaxad ang
ama ni Selah at si Selah ang ama ni Eber. **19** Nagkaroon si
Eber ng dalawang anak na lalaki. Ang pangalan ng isa ay
Peleg, sapagkat sa mga panahon niya ay nahati ang lupa.
Joctan ang pangalan ng kaniyang kapatid. **20** Si Joctan ang
ama ni Almodad, Selef, Hazarmavet, Jerah, **21** Hadoram,
Uzal, Dicla, **22** Ebal, Abimael, Sheba, **23** Ofir, Havila, at
Jobab. Ito ang lahat ng mga anak na lalaki ni Joctan. **24**
Sina Shem, Arfaxad, Selah, **25** Eber, Peleg, Reu, **26** Serug,
Nahor, Terah, **27** at Abram, na si Abraham. **28** Ang mga anak
ni Abraham ay sina Isaac at Ismael. **29** Ito ang kanilang
mga anak na lalaki: ang panganay na anak ni Ismael ay
sina Nebayot, Kedar, Adbeel, at Mibsam, **30** Misma, Duma,
Massa, Hadad, Tema, **31** Jetur, Nafis at Kedema. Ito ang
mga anak na lalaki ni Ismael. **32** Ang mga anak na lalaki ni
Ketura, ang babae ni Abraham, ay sina Zimran, Jocsan,
Medan, Midian, Isbak at Sua. Ang mga anak na lalaki ni
Jocsan ay sina Sheba at Dedan. **33** Mga anak na lalaki ni
Midian ay sina Efa, Efer, Hanoc, Abida, at Eldaa. Ang lahat
ng mga ito ay kaapu-apuhan ni Ketura. **34** Si Abraham ang
ama ni Isaac. Ang mga anak na lalaki ni Isaac ay sina Esau
at Israel. **35** Ang mga anak na lalaki ni Esau ay sina Elifaz,
Reuel, Jeus, Jalam, at Korah. **36** Ang mga anak na lalaki ni
Elifas ay sina Teman, Omar, Zefi, Gatam, Kenaz, Timna, at
Amalek. **37** Ang mga anak na lalaki ni Reuel ay sina Nahat,
Zera, Sammah, at Miza. **38** Ang mga anak na lalaki ni Seir
ay sina Lotan, Sobal, Zibeon, Ana, Dison, Eser at Disan. **39**
Ang mga anak na lalaki ni Lotan ay sina Hori at Homam, at
si Timna ay kapatid na babae ni Lotan. **40** Ang mga anak na
lalaki ni Sobal ay sina Alian, Manahat, Ebal, Sefi, at Onam.
Ang mga anak na lalaki ni Zibeon ay sina Aias at Ana. **41**
Ang anak na lalaki ni Ana ay si Dison. Ang mga anak na
lalaki ni Dison ay sina Hamram, Esban, Itran, at Keran. **42**
Ang mga anak na lalaki ni Eser ay sina Bilhan, Zaavan, at
Jaacan. Ang mga anak na lalaki ni Disan ay sina Hus at
Aran. **43** Ito ang mga hari na naghari sa lupain ng Edom
bago naghari ang kahit sinong hari sa mga Israelita: Si Bela
na anak na lalaki ni Beor, at ang pangalan ng kaniyang
lungsod ay Dinhaba. **44** Nang mamatay si Bela, si Jobab na
anak na lalaki ni Zera na taga-Bosra ang pumalit sa kaniya
bilang hari. **45** Nang mamatay si Jobab, si Husam na mula
sa lupain ng Temaneo ang pumalit sa kaniya bilang hari.
**46** Nang mamatay si Husam, si Hadad na anak na lalaki
ni Bedad, na tumalo sa mga Midian sa lupain ng Moab,
ang pumalit sa kaniya bilang hari. Avit ang pangalan ng
kaniyang lungsod. **47** Nang mamatay si Hadad, si Samla na
taga-Masreca ang pumalit sa kaniya bilang hari. **48** Nang
mamatay si Samla, si Saul na taga-Rehobot na nanirahan
sa Ilog Eufrates ang pumalit sa kaniya bilang hari. **49** Nang
mamatay si Saul, si Baal-Hanan na anak na lalaki ni Acbor
ang pumalit sa kaniya bilang hari. **50** Nang mamatay si Baal-
Hanan na anak na lalaki ni Acbor, si Hadad ang pumalit sa
kaniya bilang hari. Pai ang pangalan ng kaniyang lungsod.
Mehetabel ang pangalan ng kaniyang asawa, na anak ni
Matred at babaeng apo ni Mezahab. **51** Namatay si Hadad.
Ang mga pinuno ng mga angkan sa Edom ay sina Timna,
Alian, Jetet, **52** Aholibama, Ela, Pinon, **53** Kenaz, Teman,
Mibzar, **54** Magdiel, at Iram. Ito ang mga pinuno ng mga
angkan sa Edom.

**2** Ito ang mga anak na lalaki ni Israel: sina Ruben, Simeon,
Levi, Juda, Isacar, Zebulun, **2** Dan, Jose, Benjamin,
Neftali, Gad, at Asher. **3** Ang mga lalaking anak ni Juda ay
sina Er, Onan, at Sela, na mga anak niya sa babaeng anak
ni Bat-sua, na isang Canaanita. Si Er na panganay na anak
ni Juda ay masama sa paningin ni Yahweh, at pinatay siya
ni Yahweh. **4** Sina Peres at Zera ang naging mga anak niya
kay Tamar, na kaniyang manugang. Si Juda ay nagkaroon
ng limang anak na lalaki. **5** Ang mga anak na lalaki ni Peres
ay sina Hezron at Hamul. **6** Ang mga anak na lalaki ni Zera
ay sina Zimri, Etan, Heman, Calcol, at Dara, lima silang
lahat. **7** Si Acan ang anak na lalaki ni Carmi na nagdala
ng gulo sa Israel, nang nakawin niya ang nakalaan para
sa Diyos. **8** Si Azarias ang anak na lalaki ni Etan. **9** Ang
mga anak na lalaki ni Hezron ay sina Jerameel, Ram, at
Chelubai. **10** Si Ram ang ama ni Aminadab, at si Aminadab
ang ama ni Naason, isang pinuno sa mga kaapu-apuhan ni
Juda. **11** Si Naason ang ama ni Salma, at si Salma ang ama
ni Boaz. **12** Si Boaz ang ama ni Obed, at si Obed ang ama

ni Jesse. 13 Si Jesse ang ama ng panganay niyang anak na
si Eliab, si Abinadab ang pangalawa, si Simea ang pangatlo,
14 si Netanel ang pang-apat, panglima si Radai, 15 pang-
anim si Ozem, at pang-pito si David. 16 Sina Zervias at
Abigail ang kanilang dalawang kapatid na babae. Ang mga
anak na lalaki ni Zervias ay sina Abisai, Joab, at Asahel,
tatlo silang lahat. 17 Ipinanganak ni Abigail si Amasa na ang
ama ay si Jeter na Ismaelita. 18 Si Caleb na anak na lalaki
ni Hezron ang ama ni Jeriot kay Azuba, na kaniyang asawa.
Ang kaniyang mga anak na lalaki ay sina Jeser, Sobab, at
Ardon. 19 Namatay si Azuba, at napangasawa ni Caleb si
Efrata, na nagsilang Hur. 20 Si Hur ang ama ni Uri, at si
Uri ang ama ni Bezalel. 21 Pagkatapos, nang si Hezron ay
animnapung taong gulang, napangasawa niya ang anak ni
Maquir, na ama ni Gilead. Ipinanganak niya si Segub. 22
Si Segub ang ama ni Jair, na namahala sa dalawampu't
tatlong mga lungsod sa lupain ng Gilead. 23 Kinuha nina
Gesur at Aram ang mga bayan nina Jair at Kenat, pati na rin
ang animnapung nakapalibot na mga bayan. Ang lahat ng
mga naninirahang ito ay kaapu-apuhan ni Maquir, na ama ni
Gilead. 24 Pagkatapos mamatay ni Hezron, sinipingan ni
Caleb si Efrata, na asawang babae ng kaniyang amang si
Hezron. Ipinanganak niya si Asur, ang ama ni Tekoa. 25 Ang
mga anak na lalaki ni Jerameel, na panganay ni Hezron ay
sina Ram na panganay, Buna, Orem, Ozem, at Ahias. 26
May iba pang asawa si Jerameel na nagngangalang Atara.
Ina siya ni Onam. 27 Ang mga anak na lalaki ni Ram na
panganay ni Jerameel, ay sina Maaz, Jamin, at Equer. 28
Ang mga anak na lalaki ni Onam ay sina Samai at Jada. Ang
mga anak na lalaki ni Samai ay sina Nadab at Abisur. 29
Abihail ang pangalan ng asawa ni Abisur; ipinanganak niya
sina Ahban at Molid. 30 Ang mga anak na lalaki ni Nadab
ay sina Seled at Apaim, ngunit namatay si Seled ng hindi
nagkaanak. 31 Si Ishi ang anak ni Apaim. Ang anak na lalaki
ni Isi ay si Sesan. Ang anak na lalaki ni Sesan ay si Ahlai.
32 Ang mga anak na lalaki ni Jada, na kapatid na lalaki ni
Samai ay sina Jeter at Jonatan. Namatay si Jeter na walang
anak. 33 Ang mga anak na lalaki ni Jonatan ay sina Pelet at
Zaza. Ito ang mga kaapu-apuhan ni Jerameel. 34 Ngayon
hindi nagkaroon ng mga lalaking anak si Sesan, mga anak
na babae lamang. Mayroong utusan si Sesan, na isang
taga-Egipto na ang pangalan ay Jarha. 35 Ibinigay ni Sesan
ang kaniyang anak na babae kay Jarha na kaniyang utusan
upang maging kaniyang asawa. Ipinanganak niya si Atai. 36
Si Atai ang ama ni Natan, at si Natan ang ama ni Zabad. 37
Si Zabad ang ama ni Eflal, at si Eflal ang ama ni Obed. 38 Si
Obed ang ama ni Jehu, at si Jehu ang ama ni Azarias. 39 Si
Azarias ang ama ni Helez, at si Helez ang ama ni Eleasa.
40 Si Eleasa ang ama ni Sismai, at si Sismai ang ama ni
Sallum. 41 Si Sallum ang ama ni Jecamias, at si Jecamias
ang ama ni Elisama. 42 Ang mga anak na lalaki ni Caleb,
ang kapatid na lalaki ni Jerameel ay sina Mesa na panganay,
na ama ni Zif. Ang kaniyang pangalawang anak, si Maresa
na ama ni Hebron. 43 Ang mga anak na lalaki ni Hebron
ay sina Korah, Tapua, Requem, at Sema. 44 Si Sema ang
ama ni Raham na ama ni Jorqueam. Si Requem ang ama ni
Samai. 45 Ang anak na lalaki ni Samai ay si Maon, at si
Maon ang ama ni Beth-sur. 46 Si Efa, na asawang alipin
ni Caleb, ay ipinanganak sina Haran, Moza, at Gasez. Si
Haran ang ama ni Gasez. 47 Ang mga anak na lalaki ni
Jahdai ay sina Regem, Jotam, Gesam, Pelet, Efa, at Saaf.
48 Si Maaca, na asawang alipin ni Caleb ay ipinanganak sina
Seber at Tirhana. 49 Ipinanganak din niya si Saaf na ama ni
Madmana, si Seva na ama ni Macbena at ama ni Gibea.
Si Acsa na anak na babae ni Caleb. Ito ang mga kaapu-
apuhan ni Caleb. 50 Ito ang mga anak na lalaki ni Hur, ang
kaniyang panganay kay Efrata: si Sobal, na ama ng Chiriath
Jearim, 51 Si Salma na ama ni Betlehem, at si Hareph na
ama ni Beth-gader. 52 Si Sobal na ama ng Chiriath Jearim
ay may mga kaapu-apuhan: si Haroe, at kalahati ng mga tao
ng Menuho, 53 at ang mga angkan ng Chiriath Jearim—ang
mga Itrita, mga Putita, mga Sumatita, at mga Misraita. Ang
mga Zorita at mga Estaolita ay nagmula sa mga ito. 54 Ang
mga angkan ni Salma ay ang mga sumusunod: ang mga
taga-Bethlehem, mga Netofatita, mga taga-Atrot-bet-joab, at
ang kalahati ng mga Manahatita—na mga Zorita, 55 ang
mga angkan ng mga eskriba na nakatira sa Jabes: ang mga
Tiratita, mga Simatita, at mga Sucatita. Ito ang mga Kenita
na nagmula kay Hamat, na ninuno ng mga Recab.

3 Ngayon ito ang mga anak ni David na ipinanganak sa
kaniya sa Hebron: Si Amnon ang panganay, na anak niya
kay Ahinoam na taga-Jezreel; si Daniel, ang pangalawa, na
anak niya kay Abigail na taga-Carmel; 2 si Absalom ang
pangatlo, at si Maaca ang kaniyang ina, na anak ni Talmai
na hari ng Gesur. Si Adonias ang pang-apat na anak niya
kay Haguit; 3 si Sefatias ang pang-lima na anak niya kay
Abital; si Itream ang pang-anim na anak niya kay Egla na
asawa niya. 4 Ang anim na ito ay mga anak ni David na
ipinanganak sa Hebron, kung saan naghari siya nang pitong
taon at anim na buwan. At pagkatapos noon naghari siya
nang tatlumpu't tatlong taon sa Jerusalem. 5 Ang apat na
lalaking ito ay anak niya kay Bathseba na babaeng anak ni
Amiel, ipinanganak ang mga ito sa Jerusalem sina: Simea,
Sobab, Natan, at si Solomon. 6 Ang iba pang siyam na anak
ni David ay sina Ibaar, Elisama, Elifelet, 7 Noga, Nefeg,
Jafia, 8 Elisama, Eliada at si Elifelet. 9 Ito ang mga anak ni
David, hindi kabilang ang mga anak niya sa kaniyang mga
asawang alipin. Si Tamar ay kanilang kapatid na babae.

10 Ang anak ni Solomon ay si Rehoboam. Ang anak ni
Rehoboam ay si Abia. Ang anak ni Abia ay si Asa. Ang
anak ni Asa ay si Jehoshafat. 11 Ang anak ni Jehoshafat ay
si Joram. Ang anak ni Joram ay si Ahazias. Ang anak ni
Ahazias ay si Joas. 12 Ang anak ni Joas ay si Amasias. Ang
anak ni Amasias ay si Azarias. Ang anak ni Azarias ay si
Jotam. 13 Anak ni Jotam si Ahaz. Anak ni Ahaz si Ezequias.
Anak ni Ezequias si Manases. 14 Anak ni Manases si Amon.
Anak ni Amon si Josias. 15 Ang mga lalaking anak ni Josias:
ang kaniyang panganay ay si Johahan, ang pangalawa ay si
Jehoiakim, ang pangatlo ay si Sedecias, at ang pang-apat
ay si Sallum. 16 Ang anak ni Jehoiakim ay si Jeconias. Ang
huling hari ay si Zedekias. 17 Ang mga anak ni Jeconias,
na bihag, ay sina Selatiel, 18 Machiram, Pedaya, Senazar,
Jacamias, Hosama, at si Nedabias. 19 Ang mga anak na
lalaki ni Pedaya ay sina Zerubabel at si Simei. Ang mga
anak naman ni Zerubabel ay sina Mesulam at si Hananias;
si Selomit naman ang kapatid nilang babae. 20 Ang lima
pa niyang mga anak ay sina Hasuba, Ohel, Berequias,
Hasadias, at si Jusab Hesed. 21 Ang mga anak naman
ni Hananias ay sina Pelatias at si Jesaias. Ang kaniyang
anak ay si Rephaias, at ang iba pang mga kaapu-apuhan ay
sina Arnan, Obadias, at Secanias. 22 Ang anak na lalaki
ni Secanias ay si Semaias. At ang mga anak ni Semaias
ay sina Hatus, Igeal, Barias, Nearias, at si Safat. 23 Ang
tatlong anak na lalaki ni Nearias ay sina Elioenai, Ezequias,
at si Azricam. 24 Ang pitong anak na lalaki ni Elioenai ay
sina Odabias, Eliasib, Pelaias, Akub, Johanan, Delaias, at si
Anani.

**4** Ang mga anak ni Juda ay sina Peres, Hezron, Carmi,
Hur, at si Sobal. 2 Si Sobal ang ama ni Reaias. Si Reaias
ang ama ni Jahat: At si Jahat ang ama ni Ahumai at ni Laad.
Ito ang mga pinagmulan ng mga angkan ng Zorita. 3 Ito ang
mga pinagmulan ng mga angkan sa lungsod ng Etam: si
Jezreel, Isma, at si Idbas. Ang pangalan ng kanilang kapatid
na babae ay Hazzalelponi. 4 Si Penuel ang pinagmulan ng
mga angkan sa lungsod ng Gedor. At si Ezer ang pinagmulan
ng mga angkan sa Husa. Ito ang mga kaapu-apuhan ni Hur,
na panganay ni Efrata at nagtatag ng Bethlehem. 5 May
dalawang asawa si Asur na ama ni Tekoa, sina Helea at
Naara. 6 Ipinanganak sa kaniya ni Naara si Auzam, Heper,
Temeni at si Haahastari. Ito ang mga anak ni Naara. 7 Ang
mga anak ni Helea ay sina Zeret, Jesohar, Etnan, 8 at si
Kuz, na ama ni Anob, at Zobeba, at ang mga angkan na
nagmula kay Aharhel na anak ni Arum. 9 Higit na iginagalang
si Jabes kaysa kaniyang mga kapatid na lalaki. Tinawag siya
ng kaniyang ina na Jabes. Sinabi niya, “Sapagkat nahirapan
ako nang ipinanganak ko siya.” 10 Nanalangin si Jabes sa
Diyos ng Israel at nagsabi, “Pagpalain mo nawa ako, at
palawakin ang aking nasasakupan. Nawa ang iyong kamay
ay suma akin; ilayo mo ako sa kasamaan upang hindi ko
na kailangang makaranas ng hirap!” At sinagot ng Diyos
ang kaniyang panalangin. 11 Si Celub na kapatid ni Sua
ang naging ama ni Mehir na ama ni Eston. 12 Si Eston
ang ama ni Beth-rafa, Pasea, at ni Tehina na nagtatag
sa lungsod ng Nahas. Ito ang mga lalaki na nakatira sa
Reca. 13 Ang mga anak ni Kenaz ay sina Otniel at Seraias.
Ang mga anak ni Otniel ay sina Hatat at Meonotai. 14 Si
Meonatai ang ama ni Ofra, at si Seraias ang ama ni Joab,
na pinagmulan ng Geharasim, kung saan ang mga tao roon
ay mga mahuhusay na manggagawa. 15 Ang mga anak ni
Caleb na anak ni Jefone ay sina Iru, Ela at Naam. Ang anak
ni Ela ay si Kenaz. 16 Ang mga anak ni Jehalelel ay sina Zif,
Sifa, Tirias, at si Asarel. 17 Ang mga anak na lalaki ni Ezra
ay sina Jeter, Mered, Efer, at si Jalon. Ipinanganak ng taga-
Egiptong asawa ni Mered si Miriam, Samai, at si Isba na ama
ni Estemoa. 18 Ito ang mga anak na lalaki ni Bitia na anak
na babae ni Faraon, na naging asawa ni Mered. Ipinanganak
ng Judiong asawa ni Mered si Jered, na ama ni Gedor, si
Heber na ama ni Soco at si Jecutiel na ama ni Zanoa. 19 Sa
dalawang anak na lalaki ng asawa ni Hodias, na kapatid
na babae ni Naham, ang isa sa kanila ay naging ama ni
Keila na Garmita. Ang isa pa ay si Estemoa na Maacateo.
20 Ang mga anak na lalaki ni Simon ay sina Amnon, Rina,
Benhanan, at si Tilon. Ang mga anak na lalaki ni Isi ay sina
Zohet at si Ben-zohet. 21 Ang mga anak ni Sela, na anak ni
Juda ay sina Er na ama ni Leca, si Laada na ama ni Maresa
at siyang pinagmulan ng mga angkan ng mga gumagawa ng
lino sa Beth-asbea, 22 si Jokim, ang mga lalaki ng Cozeba,
si Joas at Saraf, na may ari-arian sa Moab, ngunit bumalik
sa Bethlehem. ( Ang kaalamang ito ay galing sa sinaunang
mga talaan.) 23 Magpapalayok ang ilan sa mga taong ito na
nakatira sa Netaim at Gedera at nagtrabaho para sa hari. 24
Ang mga anak ni Simeon ay sina Nemuel, Jamin, Jarib,
Zera, at si Saul. 25 Si Salum ay anak ni Saul, si Mibsam ay
anak ni Sallum, at si Misma na anak ni Mibsam. 26 Ang mga
kaapu-apuhan ni Misma ay sina Hamuel na kaniyang anak,
si Zacur na kaniyang apo, at si Simei na anak ni Zacur. 27
Nagkaroon ng labing-anim na lalaking anak si Simei at may
anim na babaeng anak. Hindi nagkaroon ng maraming anak
ang kaniyang mga kapatid, kaya hindi dumami ang bilang ng
kanilang angkan tulad ng lahi ni Juda. 28 Nanirahan sila sa
Beerseba, sa Molada, at sa Hasar-shaul. 29 Nanirahan din
sila sa Bilha, sa Ezem, sa Tolad, 30 sa Bethuel, sa Horma,
sa Siclag, 31 sa Beth-marcabot, sa Hazar-susim, sa Beth-
biri, at sa Saaraim. Ito ang kanilang mga lungsod hanggang
sa paghahari ni David. 32 Ang kanilang limang mga nayon
ay ang Etam, Ain, Rimon, Toquen, at Asan, 33 kanila rin ang

malalayong mga nayon hanggang sa Baal. Ito ang kanilang
mga tinirhan, at iniingatan nila ang talaan ng kanilang lahi. 34
Ang pinuno ng mga angkan ay sina Mesobab, si Jamlec, at
si Josias na anak ni Amasias, 35 si Joel, at Jehu na anak ni
Josibias na anak ni Seraias, na anak ni Asiel, 36 si Elioenai,
Jaacoba, Jesohaia, Asaias, Adiel, Jesimiel, Benaias, 37 at si
Ziza na anak ni Sifi, na anak ni Allon na anak ni Jedaias
na anak ni Simri na anak ni Semaias. 38 Ang binanggit
na pangalan ay mga pinuno sa kanilang mga angkan, at
labis na dumami ang kanilang mga angkan. 39 Pumunta sila
malapit sa Gador, sa dakong silangan ng lambak, upang
humanap ng mapagpapastulan para sa kanilang mga kawan.
40 Nakatagpo sila ng sagana at mabuting pastulan. Malawak
ang lupain, tahimik at payapa. Dating nanirahan ang mga
Hamita doon. 41 Ang itinalang mga pangalan na ito ay
dumating sa mga panahon na si Ezequias ang hari ng Juda,
at nilusob ang mga tirahan ng mga Hamita at ang mga
Meunim, na naroon din. Lubos nilang winasak ang mga
naroon at nanirahan doon dahil nakatagpo sila ng pastulan
ng kanilang kawan. 42 Limang daang kalalakihan mula sa
tribu ni Simeon ang nagtungo sa bundok ng Seir, kasama
ang kanilang mga pinuno na sina Pelatias, Nearias, Refaias
at si Uziel na mga anak na lalaki ni Isi. 43 Tinalo nila ang iba
pang mga Amalekitang takas na naroon, at nanirahan sila
doon hanggang ngayon.

**5** Ito ang mga anak ni Ruben na panganay ni Israel—ngayon
si Ruben ang panganay na anak ni Israel, ngunit ang
kaniyang karapatan bilang panganay ay ibinigay sa mga
anak ni Jose na anak ni Israel dahil dinungisan ni Ruben
ang higaan ng kaniyang ama. Kaya hindi siya itinala bilang
panganay na anak. 2 Pinakamalakas sa kaniyang mga
kapatid si Juda, at ang pinuno ay manggagaling sa kaniya.
Ngunit ang karapatan ng pagkapanganay ay kay Jose—
3 ang mga anak ni Ruben, na panganay ni Israel ay sina
Hanoc, Pallu, Hezron, at si Carmi. 4 Ito ang mga lalaking
kaapu-apuhan ni Joel: anak ni Joel si Semaias. Anak ni
Semaias si Gog. Anak ni Gog si Simei. 5 Anak ni Simei si
Mica. Anak ni Mica si Reaias. Anak ni Reaias si Baal. 6
Anak ni Baal si Beera, na dinalang bihag ni Tilgat Pileser na
hari ng Asiria. Si Beera ay pinuno sa tribu ni Ruben. 7 Ang
mga kamag-anak ni Beera sa kanilang mga angkan ay ang
mga sumusunod, na nakatala sa mga talaan ng kanilang
angkan: Si Jeiel na panganay, Zacarias, 8 at si Bela na anak
ni Azaz na anak ni Sema na anak ni Joel. Nanirahan sila sa
Aroer, hanggang sa Nebo at Baal-meon, 9 at pasilangan sa
simula ng ilang na hanggang sa Ilog Eufrates. Ito ay dahil
marami silang baka sa lupain ng Gilead. 10 Sa panahon ni
Saul, nilusob ng tribu ni Ruben ang mga Hagrita at tinalo
sila. Nanirahan sila sa mga tolda ng mga Hagrita sa buong
lupain sa silangan ng Gilead. 11 Nakatira malapit sa kanila
ang tribu ni Gad, sa lupain ng Bashan hanggang sa Saleca.
12 Si Joel ang kanilang pinuno, na pangulo ng angkan, at si
Safam naman ang pangulo ng isa pang angkan, at si Janai
at si Safat sa Bashan. 13 Ang kanilang kamag-anak sa mga
pamilya ng kanilang mga ama ay sina Micael, Mesulam,
Sheba, Jorai, Jacan, Zia, at si Eber—pito silang lahat. 14
Ang mga taong ito na nabanggit ay mga anak ni Abihail, at
si Abihail ay anak ni Huri. Si Huri ay anak ni Jaroa. Si Jaroa
ay anak ni Gilead. Si Gilead ay anak ni Micael. Si Micael ay
anak ni Jesisai. Si Jesisai ay anak ni Jaddo. Si Jahdo ay
anak ni Buz. 15 Si Ahi na anak ni Abdiel na anak ni Guni, ay
pinuno ng pamilya ng kanilang ama. 16 Nanirahan sila sa
Gilead, sa Basan, sa mga bayan nito, at sa lahat ng lupaing
pastulan ng Saron hanggang sa mga hangganan nito. 17
Lahat ng mga ito ay nakatala sa talaan ng mga angkan
sa mga araw ni Jotam na hari ng Juda at ni Jeroboam
na hari ng Israel. 18 Ang mga Rubenita, ang mga Gadita,
at kalahati ng tribu ni Manases ay mayroong apatnapu't
apat na libong mga kawal na sinanay para sa digmaan,
na may dalang kalasag at espada, at kayang humugot ng
pana. 19 Nilusob nila ang mga Hagrita, Jetur, Nafis, at
Nodab. 20 Nakatanggap sila ng tulong mula sa Diyos laban
sa kanila. Sa ganitong paraan, ang mga Hagrita at ang lahat
ng kasama nila ay natalo. Ito ay dahil nanalangin ang mga
Israelita sa Diyos sa digmaan, at tumugon siya sa kanila,
dahil nagtiwala sila sa kaniya. 21 Hinuli nila ang kanilang
mga alagang hayop kabilang ang limampung libong mga
kamelyo, 250, 000 mga tupa, dalawang libong mga asno
at 100, 000 mga kalalakihan. 22 Sapagkat nakipaglaban
ang Diyos para sa kanila, napatay nila ang marami sa mga
kaaway. Nanirahan sila sa kanilang lupain hanggang sa
pagkabihag. 23 Nanirahan ang kalahating tribu ni Manases
sa lupain ng Basan hanggang sa Baal Hermon at Senir (iyon
ay, ang Bundok Hermon). 24 Ito ang mga pinuno ng kanilang
mga pamilya: na sina Epher, Isi, Eliel, Azriel, Jeremias,
Hodavias at si Jahdiel. Malalakas at matatapang silang mga
kalalakihan, tanyag na mga kalalakihan, mga pinuno sa
kanilang mga pamilya. 25 Ngunit hindi sila naging tapat sa
Diyos ng kanilang mga ninuno. Sa halip, sinamba nila ang
mga diyos ng mga tao sa lupaing iyon, na nilipol ng Diyos
sa kanilang harapan. 26 Hinimok ng Diyos ng Israel si Pul
na hari ng Asiria (na tinawag din na Tilgat Pileser, hari ng
Asiria). Dinala niyang bihag ang mga Rubenita, mga Gadita
at kalahati ng tribu ni Manases. At dinala niya sila sa Hala,
sa Habor, sa Hara, at sa ilog ng Gozan, kung saan sila ay
nananatili hanggang ngayon.

**6** Ang mga anak na lalaki ni Levi ay sina Gerson, Kohat
at Merari. 2 Ang mga anak na lalaki ni Kohat ay sina

Amram, Izar, Hebron at Uziel. Ang mga anak ni Amram ay
sina Aaron, Moises at Miriam. **3** Ang mga anak na lalaki ni
Aaron ay sina Nadab, Abihu, Eleazar at Itamar. **4** Si Eleazar
ang ama ni Finehas, at si Finehas ang ama ni Abisua. **5** Si
Abisua ang ama ni Buki, at si Buki ang ama ni Uzi. **6** Si
Uzi ang ama ni Zerahias at si Zeraias ang ama ni Meraiot.
**7** Si Meraiot ang ama ni Amarias, si Amarias ang ama ni
Ahitob. **8** Si Ahitob ang ama ni Zadok, at si Zadok ang ama
ni Ahimaaz. **9** Si Ahimaaz ang ama ni Azarias, at si Azarias
ang ama ni Johanan. **10** Si Johanan ang ama ni Azarias na
naglingkod sa templo na ipinatayo ni Solomon sa Jerusalem.
**11** Si Azarias ang ama ni Amarias, at si Amarias ang ama ni
Ahitob. **12** Si Ahitob ang ama ni Zadok na ama ni Sallum.
**13** Si Sallum ang ama ni Hilkias, at si Hilkias ang ama ni
Azarias. **14** Si Azarias ang ama ni Seraya, at si Seraya ang
ama ni Jehozadak. **15** Nabihag si Jehozadak nang ipinatapon
ni Yahweh ang Juda at Jerusalem sa pamamagitan ng
kamay ni Nebucadnezar. **16** Ang mga anak na lalaki ni Levi
ay sina Gerson, Kohat at Merari. **17** Ang mga anak na lalaki
ni Gerson ay sina Libni at Simei. **18** Ang mga anak na lalaki
ni Kohat ay sina Amram, Izar, Hebron at Uziel. **19** Ang mga
anak na lalaki ni Merari ay sina Mahli at Musi. Sila ang mga
naging angkan ng mga Levita ayon sa pamilya ng kanilang
ama. **20** Ang mga kaapu-apuhan ni Gerson ay nagmula sa
kaniyang anak na si Libni. Ang anak ni Libni ay si Jahat. Ang
anak ni Jahat ay si Zima. **21** Ang anak ni Zima ay si Joah.
Ang anak ni Joah ay si Iddo. Ang anak ni Iddo ay si Zara.
Ang anak ni Zara ay si Jeatrai. **22** Nagmula ang kaapu-
apuhan ni Kohat sa kaniyang anak na lalaki na si Aminadab.
Ang kaniyang anak ay si Korah. Ang anak ni Korah ay si
Asir. **23** Ang anak ni Asir ay si Elkana. Ang anak ni Elkana
ay si Ebiasaf. **24** Ang anak ni Asir ay si Tahat. Ang anak ni
Tahat ay si Uriel. Ang anak ni Uriel ay si Uzias. Ang anak ni
Uzias ay si Shaul. **25** Ang mga anak na lalaki ni Elkana ay
sina Amasai, Ahimot at Elkana. **26** Ang anak na lalaki ng
ikalawang Elkana na ito ay si Zofar. Ang kaniyang anak ay si
Nahat. **27** Ang anak ni Nahat ay si Eliab. Ang anak ni Eliab
ay si Jeroham. Ang anak ni Jehoram ay si Elkana. **28** Ang
mga anak na lalaki ni Samuel ay si Joel na panganay at si
Abija ang pangalawa. **29** Ang anak na lalaki ni Merari ay
si Mahli. Ang kaniyang anak ay si Libni. Ang anak ni Libni
ay si Simei. Ang anak ni Simei ay si Uza. **30** Ang anak ni
Uza ay si Simea. Ang anak ni Simea ay si ni Hagia. Ang
anak ni Hagia ay si Asaya. **31** Ang mga sumusunod ay mga
pangalan ng mga lalaking itinalaga ni David na mamahala
sa musika sa tahanan ni Yahweh, matapos na ilagay doon
ang kaban ng tipan. **32** Naglingkod sila sa pamamagitan
ng pag-awit sa harap ng tabernakulo, ang toldang tipanan,
hanggang sa maipatayo ni Solomon ang tahanan ni Yahweh
sa Jerusalem. Tinupad nila ang kanilang mga tungkulin na
sinusunod ang mga panuntunang ibinigay sa kanila. **33**
Ito ang mga naglingkod kasama ang kanilang mga anak
na lalaki. Mula sa angkan ng mga Kohat ay si Heman na
manunugtog. Kung babalikan ang nakaraang panahon, ito
ang kaniyang mga lalaking ninuno: si Heman ay anak ni
Joel na anak ni Samuel. **34** Si Samuel ay anak ni Elkana na
anak ni Jeroham na anak ni Eliel na anak ni Toah. **35** Si
Toah ay anak ni Zuf na anak ni Elkana na anak ni Mahat. Si
Mahat ay anak ni Amasai na anak ni Elkana. **36** Si Elkana
ay anak ni Joel na anak ni Azarias na anak ni Zefanias. **37**
Si Zefanias ay anak ni Tahat na anak ni Asir na anak ni
Ebiasaf na anak ni Korah **38** Si Korah ay anak ni Izar na
anak ni Kohat na anak ni Levi. Si Levi ay anak ni Israel.
**39** Ang kasamahan ni Heman ay si Asaf na nakatayo sa
kaniyang kanan. Si Asaf ay anak na lalaki ni Berequias na
anak na lalaki ni Simea. **40** Si Simea ay anak na lalaki ni
Micael na anak na lalaki ni Baaseias na anak na lalaki ni
Malquias. **41** Si Malquias ay anak na lalaki ni Etni na anak
na lalaki ni Zera na anak na lalaki ni Adaias. **42** Si Adaias ay
anak na lalaki ni Etan na anak na lalaki ni Zima na anak na
lalaki ni Simei. **43** Si Simei ay anak na lalaki ni Jahat na
anak na lalaki ni Gerson na anak na lalaki ni Levi. **44** Sa
gawing kaliwa ni Heman ay ang kaniyang mga kasamahan
na mga anak na lalaki ni Merari. Isinama nila si Etan na
anak na lalaki ni Quisi na anak na lalaki ni Abdi na anak na
lalaki ni Malluc. **45** Si Malluc ay anak na lalaki ni Hashabias
na anak na lalaki ni Amazias na anak na lalaki ni Hilkias.
**46** Si Hilkias ay anak na lalaki ni Amzi na anak na lalaki ni
Bani na anak na lalaki ni Semer. **47** Si Semer ay anak na
lalaki ni Mahli na anak na lalaki ni Musi. Si Musi ay anak na
lalaki ni Merari na anak na lalaki ni Levi. **48** Ang kanilang
mga kasamahang Levita ay itinalaga upang gawin ang lahat
ng mga gawain sa tabernakulo na tahanan ng Diyos. **49** Si
Aaron at ang kaniyang mga anak ang gumagawa ng lahat
ng gawain na may kinalaman sa kabanal-banalang lugar.
Ginagawa nila ang mga paghahandog sa altar para sa mga
alay na susunugin. Ginagawa nila ang paghahandog sa altar
ng insenso. Ang lahat ng ito ay upang mabayaran ang mga
kasalanan ng Israel. Sinunod nila ang lahat ng mga iniutos
ni Moises na lingkod ng Diyos. **50** Ang mga sumusunod ay
kaapu-apuhan ni Aaron. Anak ni Aaron si Eleazar na ama
ni Finehas na ama ni Abisua. **51** Anak ni Abisua si Buki
na ama ni Uzi na ama ni Zerahias. **52** Anak ni Zerahias si
Meraiot na ama ni Amarias na ama ni Ahitob. **53** Anak ni
Ahitob si Zadok na ama ni Ahimaaz. **54** Ang mga sumusunod
ay ang mga lugar na itinalaga sa mga kaapu-apuhan ni
Aaron. Sa mga angkan ni Kohat (sila ang unang itinalaga sa
pamamagitan ng palabunutan). **55** Itinalaga sila sa Hebron

sa lupain ng Juda at sa mga pastulan nito. **56** Ngunit ang
mga bukirin ng lungsod at ang mga nayon na nakapalibot
dito ay ibinigay kay Caleb na anak na lalaki ni Jefune. **57**
Ibinigay sa mga kaapu-apuhan na ito ni Aaron ang Hebron
na siyang lungsod-kanlungan, ang Libna kasama ang mga
pastulan nito, Jatir, Estemoa kasama ang mga pastulan ng
mga ito. **58** Ang Hilen at Debir kasama ang mga pastulan
ng mga ito. **59** Ibinigay din sa mga kaapu-apuhan na ito ni
Aaron ang Asan at Beth-semes kasama ang mga pastulan
ng mga ito. **60** Mula sa tribu ni Benjamin, ibinigay sa kanila
ang Geba, Alemet, Anatot kasama ang mga pastulan ng
mga ito. Labintatlong lungsod ang lahat ng natanggap ng
mga angkan ni Kohat. **61** Sa pamamagitan ng palabunutan,
ibinigay ang sampung lungsod sa mga natitirang kaapu-
apuhan ni Kohat mula sa kalahating tribu ni Manases. **62**
Ibinigay sa mga kaapu-apuhan ni Gerson ayon sa iba't iba
nilang angkan ang labintatlong lungsod mula sa mga tribu ni
Isacar, Asher, Neftali at ang kalahating tribu ni Manases sa
Bashan. **63** Ibinigay sa mga kaapu-apuhan ni Merari ang
labindalawang lungsod sa pamamagitan ng palabunutan
ayon sa iba't iba nilang angkan mula sa mga tribu ni Ruben,
Gad at Zebulun. **64** Kaya ibinigay ng mga Israelita ang mga
lungsod na ito kasama ang mga pastulan ng mga ito sa mga
Levita. **65** Itinalaga nila sa pamamagitan ng palabunutan ang
mga bayang unang nabanggit mula sa mga tribu ni Juda,
Simeon at Benjamin. **66** Ibinigay sa ilang mga angkan ni
Kohat ang mga lungsod mula sa tribu ni Efraim. **67** Ibinigay
sa kanila ang Shekem (isang lungsod-kanlungan) kasama
ang mga pastulan nito sa kaburulan ng bansang Efraim,
Gezer kasama ang mga pastulan nito, **68** Jocmeam, Beth-
horon kasama ang mga pastulan ng mga ito, **69** Ayalon at
Gat-rimon kasama ang mga pastulan ng mga ito. **70** Ibinigay
sa mga mula sa kalahating tribu ni Manases ang Aner at
Bilean kasama ang mga pastulan ng mga ito. Naging pag-
aari ito ng mga natitirang angkan ni Kohat. **71** Ibinigay sa
mga kaapu-apuhan ni Gerson, mula sa mga angkan ng
kalahating tribu ni Manases ang Golan sa Bashan at Astarot
kasama ang mga pastulan ng mga ito. **72** Mula sa tribu ni
Isacar, natanggap ng mga kaapu-apuhan ni Gerson ang
Kades, Daberat kasama ang mga pastulan ng mga ito, **73**
pati na rin ang Ramot at Anem kasama ang mga pastulan
ng mga ito. **74** Mula sa tribu ni Asher, natanggap nila ang
Masal, Abdon kasama ang mga pastulan ng mga ito, **75** ang
Hucoc at Rehob kasama ang mga pastulan ng mga ito. **76**
Mula sa tribu ni Neftali natanggap nila ang Kades sa Galilea,
Hamon kasama ang mga pastulan nito, at Kiryataim kasama
ang mga pastulan nito. **77** Ibinigay sa mga natitirang Levita
na kaapu-apuhan ni Merari ang Rimono at Tabor kasama
ang mga pastulan ng mga ito mula sa tribu ni Zebulun. **78**
Ibinigay din sa kanila ang kabilang bahagi ng Jordan at
Jerico, sa gawing silangan ng ilog, ang Bezer na nasa ilang
kasama ang mga pastulan nito, ang Jaza, **79** Kedemot,
Mefaat kasama ang mga pastulan ng mga ito. Ibinigay ang
mga ito mula sa tribu ni Ruben. **80** Mula sa tribu ni Gad,
ibinigay sa kanila ang Ramot sa Gilead, ang Mahanaim
kasama ang mga pastulan ng mga ito, **81** ang Hesbon at
Hazer kasama ang mga pastulan ng mga ito.

**7** Ang apat na anak na lalaki ni Isacar ay sina Tola, Pua,
Jasub at Simron. **2** Ang mga anak na lalaki ni Tola ay
sina Uzi, Refaya, Jeriel, Jahmai, Ibsam at Samuel. Sila ang
pinagmulan ng mga angkan na nagmula sa kanilang mga
ninuno, ang mga angkan ni Tola. Sila ay mga malalakas at
matatapang na lalaki. Ayon sa kanilang mga talaan, ang
kanilang bilang ay 22, 600 noong panahon ni David. **3** Ang
anak na lalaki ni Uzi ay si Izrahias. Ang kaniyang mga anak
na lalaki ay sina Micael, Obadias, Joel at Isaias, ang mga
pinuno ng limang angkan. **4** Ayon sa talaan ng mga angkan
ng kanilang mga ninuno, mayroon silang 36, 000 na mga
hukbong pandigma sapagkat marami silang mga asawa at
mga anak na lalaki. **5** Ang kanilang mga kapatid, ang mga
tribu ni Isacar ay mayroong 87, 000 na mga mandirigma
ayon sa talaan na pag-aari ng mga angkan ng kanilang
mga ninuno. **6** Ang tatlong anak na lalaki ni Benjamin ay
sina Bela, Bequer at Jediael. **7** Ang limang anak na lalaki
ni Bela ay sina Esbon, Uzi, Uziel, Jeremot at Iri. Sila ay
mga mandirigma at pinagmulan ng mga angkan. Ayon sa
mga talaan na pag-aari ng mga angkan ng kanilang mga
ninuno, nasa 22, 034 ang bilang ng mga mandirigma ng
kanilang hukbo. **8** Ang mga anak na lalaki ni Bequer ay sina
Zemira, Joas, Eliezer, Elionai, Omri, Jeremot, Abias, Anatot
at Alamet. Ang lahat ng ito ay kaniyang mga anak. **9** Ayon
sa mga talaan ng kanilang angkan, nasa 20, 200 ang bilang
ng mga pinuno ng pamilya at mga mandirigma. **10** Ang anak
ni Jediael ay si Bilhan. Ang mga anak ni Bilhan ay sina
Jehus, Benjamin, Aod, Canaana, Zetan, Tarsis at Ahisahar.
**11** Ang lahat ng ito ay mga anak ni Jediael. Ang nakasulat sa
mga talaan ng kanilang mga angkan ay 17, 200 na mga
pinuno at mga mandirigmang nababagay maglingkod sa
militar. **12** (Si Supim at Hupim ay mga anak ni Ir at si Husim
naman ay anak ni Aher.) **13** Ang mga anak na lalaki ni
Neftali ay sina Jahzeel, Guni, Jezer at Sallum. Sila ang
mga apo ni Bilha. **14** Si Manases ay may anak na lalaki na
nagngangalang Azriel na anak niya sa kaniyang asawang
alipin na Aramea. Isinilang din niya si Maquir na ama ni
Gilead. **15** Nakapangasawa si Maquir mula sa angkan nina
Hupim at Supim. Ang pangalan ng kapatid na babae ay
Maaca. Isa pa sa kaapu-apuhang lalaki ni Manases ay si
Zelofehad na mayroon lamang mga anak na babae. **16** Si

Maaca na asawa ni Maquir ay nagsilang ng isang batang
lalaki at tinawag siyang Peres. Ang pangalan ng kaniyang
kapatid na lalaki ay Seres na ang mga anak ay sina Ulam at
Requem. 17 Ang anak na lalaki ni Ulam ay si Bedan. Ito ang
mga kaapu-apuhan ni Gilead na anak ni Maquir na anak ni
Manases. 18 Isinilang ng kapatid na babae ni Gilead na si
Hamolequet sina Ishod, Abiezer at Mahla. 19 Ang mga anak
na lalaki naman ni Semida ay sina Ahian, Shekem, Likhhi at
Aniam. 20 Ang mga sumusunod ay ang mga kaapu-apuhan
ni Efraim. Ang anak na lalaki ni Efraim ay si Sutela. Ang
anak na lalaki ni Sutela ay si Bered. Ang anak na lalaki ni
Bered ay si Tahat. Ang anak na lalaki ni Tahat ay si Elada.
Ang anak na lalaki ni Elada ay si Tahat. 21 Ang anak na
lalaki ni Tahat ay si Zabad. Ang anak na lalaki ni Zabad ay si
Sutela. (Si Ezer at Elad ay pinatay ng mga tao sa Gat nang
pumunta sila upang nakawin ang kanilang mga baka. 22 Si
Efraim na kanilang ama ay nagluksa para sa kanila sa loob
ng maraming araw at dumating ang kaniyang mga kapatid
upang aliwin siya. 23 Sinipingan niya ang kaniyang asawa.
Nabuntis siya at nagsilang ng isang batang lalaki. Tinawag
siya ni Efraim na Beria dahil sa kasawiang dumating sa
kaniyang pamilya. 24 Ang kaniyang anak na babae ay si
Sera na siyang nagpatayo ng Beth-Horong Ibaba at Beth-
Horong Itaas at Uzeensera.) 25 Ang kaniyang anak na lalaki
ay si Refa. Ang anak na lalaki ni Refa ay si Resef. Ang anak
na lalaki ni Resef ay si Tela. Ang anak na lalaki ni Tela ay si
Tahan. 26 Ang anak na lalaki ni Tahan ay si Ladan. Ang
anak na lalaki ni Ladan ay si Amihud. Ang anak na lalaki ni
Amihud ay si Elisama. 27 Ang anak na lalaki ni Elisama ay si
Nun. Ang anak na lalaki ni Nun ay si Josue. 28 Ang kanilang
mga ari-arian at mga tirahan ay sa Bethel at sa mga nayon
sa paligid nito. Nakaabot pa sila pasilangan sa Naaran at
pakanluran sa Gezer at sa mga nayon nito at sa Shekem at
sa mga nayon nito sa Ayyah at sa mga nayon nito. 29 Sa
hangganan na sakop ni Manases ay ang Beth-sean at ang
mga nayon nito, ang Taanach at ang mga nayon nito, ang
Megido at ang mga nayon nito at ang Dor at ang mga nayon
nito. Sa mga bayang ito naninirahan ang mga kaapu-apuhan
ni Jose na anak ni Israel. 30 Ang mga anak na lalaki ni
Aser ay sina Imna, Isva, Isvi at Berias. Si Sera ang kanilang
kapatid na babae. 31 Ang mga anak na lalaki ni Berias ay
sina Heber at Malquiel na ama ni Birzavit. 32 Ang mga anak
na lalaki ni Heber ay sina Jaflet, Somer, at Jotam. Si Sua
ang kanilang kapatid na babae. 33 Ang mga anak ni Jaflet
ay sina Pasac, Bimhal at Asvat. Ito ang mga anak ni Jaflet.
34 Ito naman ang mga anak na lalaki ni Somer na kapatid ni
Jaflet, sina Rohga, Jehuba at Aram. 35 Ito ang mga anak na
lalaki ni Helem na kapatid ni Shemer, sina Zofa, Imna, Seles
at Amal. 36 Ang mga anak na lalaki ni Zofa ay sina Suah,
Harnnefer, Sual, Beri, Imra, 37 Bezer, Hod, Samna, Silsa,
Itran at Beera. 38 Ang mga anak na lalaki ni Jeter ay sina
Jefune, Pispa at Ara. 39 Ang mga anak na lalaki ni Ula ay
sina Ara, Haniel at Rizia. 40 Sila ang mga kaapu-apuhan ni
Aser, mga pinuno ng kanilang mga pamilya, mga kilalang
tao, mga mandirigma at mga pangunahin sa mga pinuno.
Ayon sa nakasulat sa talaan, mayroong 26, 000 na mga
lalaki ang nababagay na maglingkod sa militar.

**8** Ang limang anak na lalaki ni Benjamin ay sina Bela na
kaniyang panganay, sina Asbel, Ahara, 2 Noha at Rafa. 3
Ang mga anak na lalaki ni Bela ay sina Adar, Gera, Abihud,
4 Abisua, Naaman, Ahoa, 5 Gera, Shefupan at Huram.
6 Ito ang mga kaapu-apuhan ni Ehud na mga pinuno ng
mga angkan na naninirahan sa Geba, na napilitang lumipat
sa Manahat: 7 sina Naaman, Ahias at Gera. Si Gera ang
panghuli na nanguna sa kanilang paglipat. Siya ang ama
nina Uza at Ahihud. 8 Si Saaraim ang naging ama ng mga
taong nasa lupain ng Moab, matapos niyang hiwalayan ang
kaniyang mga asawang sina Husim at Baara. 9 Ang mga
anak ni Saarim sa asawa niyang si Hodes ay sina Jobab,
Sibia, Mesa, Malcam, 10 Jeuz, Sachia at Mirma. Ito ang
kaniyang mga anak na lalaki na mga pinuno sa kanilang mga
angkan. 11 Anak niya rin sina Ahitob at Elpaal kay Husim.
12 Ang mga anak na lalaki ni Elpaal ay sina Eber, Misam
at Semed (siya ang nagtayo sa Ono at Lod kasama ang
mga nayon sa paligid nito). 13 Anak niya rin sina Berias at
Sema. Sila ang mga pinuno ng mga angkan na naninirahan
sa Ayalon na nagpalayas sa mga naninirahan sa Gat. 14 Ito
ang mga anak na lalaki ni Beria: sina Ahio, Sasac, Jeremot,
15 Zebadias, Arad, Eder, 16 Micael, Ispa at Joha. 17 Ito ang
mga anak na lalaki ni Elpaal: sina Zebadias, Mesulam, Hizki,
Heber, 18 Ismerai, Izlia at Jobab. 19 Ito ang mga anak na
lalaki ni Simei: sina Jaquim, Zicri, Zabdi, 20 Elienai, Zilletai,
Eliel, 21 Adaya, Beraya at Simrat. 22 Ito ang mga anak
na lalaki ni Sasac: sina Ispan, Eber, Eliel, 23 Abdon, Zicri,
Hanan, 24 Hananias, Elam, Anatotias, 25 Ifdaya at Penuel.
26 Ito ang mga anak na lalaki ni Jeroham: sina Samserai,
Seharia, Atalia, 27 Jaaresias, Elias at Zicri. 28 Sila ang mga
pinuno ng mga angkan at mga pinuno na nanirahan sa
Jerusalem. 29 Si Jeiel na ama ni Gibeon ay nanirahan sa
Gibeon. Ang pangalan ng kaniyang asawa ay Maaca. 30 Si
Abdon ang panganay niyang anak na sinundan nina Sur,
Kish, Baal, Nadab, 31 Gedor, Ahio at Zequer. 32 Ang iba
pang anak ni Jeiel ay si Miclot na ama ni Simea. Nanirahan
din sila malapit sa kanilang mga kamag-anak sa Jerusalem.
33 Si Ner ang ama ni Kish na ama ni Saul. Si Saul ang ama
nina Jonatan, Melquisua, Abinadab at Esbaal. 34 Ang anak
ni Jonatan ay si Merib-baal na ama ni Mica. 35 Ang mga
anak ni Mica ay sina Piton, Melec, Tarea at Ahaz. 36 Si

Ahaz ang ama ni Joada. Si Joada ang ama nina Alemet,
Azmavet at Zimri, na ama naman ni Moza. Si Zimri ang ama
ni Moza. **37** Si Moza ang ama ni Binea na ama ni Rafa na
ama ni Elasa na ama ni Azel. **38** May anim na anak si Azel:
sina Azrikam, Bocru, Ismael, Searias, Obadias at Hanan.
Silang lahat ay mga anak na lalaki ni Azel. **39** Ang mga anak
ni Esec na kaniyang kapatid ay si Ulam na panganay, si
Jeus ang pangalawa at si Elifelet ang pangatlo. **40** Ang mga
anak ni Ulam ay magigiting na mandirigma at mahuhusay
gumamit ng pana. Nagkaroon sila ng maraming anak at mga
apo na binubuo ng 150. Kabilang silang lahat sa kaapu-
apuhan ni Benjamin.

**9** Kaya, naitala ang lahat ng Israelita sa talaan ng mga
angkan. Naitala sila sa Aklat ng mga Hari ng Israel. Sa
mga taga-Juda, dinala silang bihag sa Babilonia dahil sa
kanilang kasalanan. **2** Ang unang bumalik sa kanilang mga
lungsod ay ilan sa mga Israelita, mga pari, mga Levita at mga
tagapaglingkod sa templo. **3** Ang ilan sa mga kaapu-apuhan
nina Juda, Benjamin, Efraim, at Manases ay nanirahan sa
Jerusalem. **4** Kabilang sa mga nanirahan doon ay si Utai na
lalaking anak ni Amihod na anak ni Omri na anak ni Imri
na anak ni Bani na isa sa mga kaapu-apuhan ni Peres na
anak ni Juda. **5** Kabilang sa mga Silonita ay si Asaya na
panganay at ang kaniyang mga anak na lalaki. **6** Kabilang
sa kaapu-apuhan ni Zera si Jeuel. Mayroong bilang na 690
ang kanilang mga kaapu-apuhan. **7** Kabilang sa mga kaapu-
apuhan ni Benjamin si Sallu na anak ni Mesulam na anak ni
Hodavias na anak ni Asenua. **8** Kabilang din si Ibnias na
lalaking anak ni Jeroham, si Elah na anak ni Uzi na anak ni
Micri at si Mesulam na anak ni Sefatias na anak ni Reuel
na anak ni Ibnia. **9** Ang bilang ng kanilang kamag-anak na
nakasulat sa listahan ng talaan ng mga angkan ay 956.
Ang lahat ng mga kalalakihang ito ay pinuno sa angkan ng
kanilang ninuno. **10** Ang mga pari ay sina Jedaias, Joiarib,
at Jaquin. **11** At si Azarias na anak ni Hilkias na anak ni
Mesalum na anak ni Zadok na anak na Meraiot na anak ni
Ahitob, na tagapangasiwa sa tahanan ng Diyos **12** Kabilang
rin si Adaya na anak ni Jeroham na anak ni Pashur na anak
ni Malquias. Kabilang din si Masai na anak ni Adiel na anak
ni Jazera na anak ni Mesulam na anak ni Mesilemit na
anak ni Imer. **13** Mayroong bilang na 1, 760 ang kanilang
mga kamag-anak na pinuno ng angkan ng kanilang ninuno.
May kakayahan ang mga kalalakihang ito para sa mga
gawain sa tahanan ng Diyos. **14** Sa mga Levita naman,
kabilang si Semaya na anak ni Hasub na anak ni Azrikam
na anak ni Hashabias sa mga kaapu-apuhan ni Merari. **15**
Kabilang din sina Bacbacar, Heres, Galal, at Matanias na
anak ni Mika na anak ni Zicri na anak ni Asaf. **16** Kabilang
din si Obadias na anak ni Semaya na anak ni Galal na
anak ni Jeduthun at si Berequias na anak ni Asa na anak
ni Elkana na nanirahan sa mga nayon ng Netofatita. **17**
Taga-pagbantay naman ng mga pintuan sina Sallum, Akob,
Talmon, Ahiman at ang kanilang mga kaapu-apuhan. Si
Sallum ang kanilang pinuno. **18** Dati silang nagbabantay sa
tarangkahan ng hari sa silangang bahagi para sa kampo ng
mga kaapu-apuhan ni Levi. **19** Tagapamahala sa mga gawain
sa templo at nagbabantay sa bungad ng tolda si Sallum na
anak ni Kore na anak ni Ebiasaf na anak ni Korah, at ang
kaniyang mga kamag-anak, sa angkan ng kaniyang ama,
ang angkan ni Korah. Katulad ng kanilang mga ninuno na
tagabantay noon sa pasukan ng lugar kung saan nananahan
si Yahweh. **20** Si Finehas ang tagapangasiwa sa kanila noon
at sinasamahan siya ni Yahweh. **21** Si Zacarias na anak ni
Meselemias ang tagabantay sa pasukan ng Templo, ang
“toldang tipanan.” **22** May kabuuang bilang na 212 ang mga
piniling tagapagbantay sa tarangkahan ng pasukan. Naitala
ang kanilang mga pangalan sa talaan ng mga tao sa kanilang
mga nayon. Inilagay sila nina David at propetang si Samuel
sa mga tungkuling iyon dahil mapagkakatiwalaan sila. **23**
Kaya sila at ang kanilang mga anak ang nagbantay sa mga
tarangkahan ng tahanan ni Yahweh, ang tabernakulo. **24**
Itinalaga sa apat na sulok ang mga taga-pagbantay ng
mga tarangkahan, sa dakong silangan, kanluran, hilaga
at timog. **25** Ang mga kanilang mga kapatid na nakatira
sa kanilang mga nayon ay darating upang palitan sila sa
loob ng pitong araw **26** Ngunit ang apat na pinuno ng mga
taga-pagbantay ng mga tarangkahan, na mga Levita, ay
itinalaga upang bantayan ang mga silid at silid-imbakan
sa tahanan ng Diyos. **27** Magdamag silang nagbabantay
sa nakatalaga nilang puwesto sa palibot ng tahanan ng
Diyos, dahil tungkulin nilang bantayan ito. Binubuksan nila
ito tuwing umaga. **28** Ilan sa kanila ang tagapangasiwa
sa mga kagamitan sa templo. Binibilang nila ang mga
kagamitang ito kapag dinadala ang mga ito sa loob at
kapag dinadala sa labas. **29** Ilan din sa kanila ang itinalaga
upang pangalagaan ang mga nailaan na mga bagay, mga
kagamitan at ang mga kasangkapan, kabilang ang mga
magagandang harina, alak, langis, insenso at ang mga
natatanging mga sangkap. **30** Ang ilan sa mga anak ng
mga pari ay naghahalo ng mga natatanging sangkap. **31** Si
Matitias na isang Levita, na panganay ni Sallum na mula
sa angkan ni Korah, ay tagapangasiwa ng paghahanda
ng tinapay para sa paghahandog **32** Ang ilan sa kanilang
mga kapatid na kaapu-apuhan ni Kohat ay tagapangasiwa
sa mga tinapay na handog, upang ihanda ito tuwing Araw
ng Pamamahinga. **33** Nanirahan ang mga mang-aawit at
pamilya ng pinuno ng mga Levita sa mga silid sa templo
kapag wala silang gawain, dahil kailangan nilang gampanan

ang kanilang mga naitakdang tungkulin sa araw at gabi.
**34** Ang mga ito ay pinuno ng mga pamilya na kabilang sa
mga Levita, ayon sa nakatala sa talaan ng kanilang angkan.
Nanirahan sila sa Jerusalem. **35** Nanirahan sa Gibeon si
Jelhiel na asawa ni Maaca at ama ni Gibeon. **36** Si Abdon
ang kaniyang panganay na anak at ang iba pa niyang mga
anak na lalaki ay sina Zur, Kish, Baal, Ner, at Nadab, **37**
Gedor, Ahio, Zacarias at Miklot. **38** Si Miclot ang ama ni
Simeam. Nakatira rin sila malapit sa kanilang mga kapatid
sa Jerusalem. **39** Si Ner ang ama ni Kish na ama ni Saul. Si
Saul ang ama nina Jonatan, Malquisua, Abinadab at Esbaal.
**40** Anak ni Jonatan si Merib-baal na ama naman ni Mica. **41**
Ang mga lalaking anak ni Mica ay sina Piton, Melec, Tarea
at Ahaz. **42** Si Ahaz ang ama ni Jara. Si Jara ang ama nina
Alemet, Azmavet, at Zimri. Si Zimri ang ama ni Moza. **43** Si
Moza ang ama ni Binea. Si Binea ang ama ni Refaya. Si
Refaya ang ama ni Elasa. Si Elasa ang ama ni Azel. **44** Ito
ang anim na lalaking anak ni Azel: Sina Azrikam, Bocru,
Ismael, Seraya, Obadias, at Hanan.

**10** At ngayon, nakipaglaban ang mga Filisteo laban sa
Israel. Tumakas ang bawat Israelita mula sa mga
Filisteo at pinatay sa Bundok ng Gilboa. **2** Nagpatuloy ang
mga Filisteo sa pagtugis kay Saul at sa kaniyang mga anak
na lalaki. Pinatay ng mga Filisteo ang kaniyang mga anak
na lalaki na sina Jonatan, Abinadab at Melquisua. **3** Naging
matindi ang digmaan laban kay Saul at inabutan siya ng
mga mamamana. Lubha siyang nasugatan dahil sa mga
mamamana. **4** Pagkatapos nito, sinabi ni Saul sa tagadala
ng kaniyang mga baluti. “Hugutin mo ang iyong tabak at
isaksak mo ito sa akin. Kung hindi, darating ang mga hindi
tuli at aabusuhin ako”. Ngunit ayaw gawin ng tagadala ng
kaniyang mga baluti, sapagkat siya ay takot na takot. Kaya
hinugot ni Saul ang sariling tabak at sinaksak ang kaniyang
sarili. **5** Nang makita ng tagadala ng kaniyang mga baluti na
patay na si Saul, itinusok rin niya ang tabak sa kaniyang sarili
at namatay. **6** Kaya namatay si Saul at ang kaniyang tatlong
anak na lalaki, kaya ang lahat ng kaniyang sambahayan
ay magkakasamang namatay. **7** Nang makita ng bawat
Israelitang nasa lambak na tumakas sila, at patay na si Saul
at ang kaniyang mga anak, iniwan nila ang kanilang mga
lungsod at nagsitakas sila. At dumating ang mga Filisteo
at nanirahan doon. **8** At nangyari nga kinabukasan, nang
dumating ang mga Filisteo upang pagnakawan ang mga
patay, natagpuan nilang patay si Saul at ang kaniyang mga
anak na lalaki sa Bundok ng Gilboa. **9** Hinubaran nila si
Saul, pinugutan siya ng ulo at kinuha ang kaniyang baluti.
Nagpadala sila ng mga mensahero sa buong Filistia upang
ikalat ang balita sa kanilang mga diyus-diyosan at sa lahat
ng tao. **10** Inilagay nila ang kaniyang baluti sa templo ng
kanilang mga diyus-diyosan at isinabit ang kaniyang ulo sa
templo ni Dagon. **11** Nang marinig ng mga taga-Jabes-Gilead
ang lahat ng ginawa ng mga Filisteo kay Saul, **12** pumunta
ang lahat ng kanilang mandirigma at kinuha ang katawan ni
Saul maging ang kaniyang mga anak at dinala nila ang mga
ito sa Jabes. Inilibing nila ang kanilang mga buto sa ilalim
ng puno ng ensina at nag-ayuno sila ng pitong araw. **13**
Namatay si Saul dahil hindi siya naging tapat kay Yahweh.
Hindi siya sumunod sa mga tagubilin ni Yahweh, sa halip,
humingi siya ng payo sa taong nakikipag-usap sa patay. **14**
Hindi siya humingi ng patnubay mula kay Yahweh, kaya
pinatay siya ni Yahweh at ibinigay ang kaniyang kaharian
kay David na anak na lalaki ni Jesse.

**11** At nagpunta ang lahat ng Israelita kay David sa Hebron
at sinabi, “Tingnan mo, kami ay iyong laman at dugo.
**2** Sa nakalipas na panahon nang naghari si Saul sa atin,
ikaw ang nanguna sa mga hukbong Israelita. Sinabi sa
iyo ni Yahweh na iyong Diyos, 'Ikaw ang mangangalaga
sa aking bayang Israel at ikaw ang mamumuno sa aking
bayang Israel.'” **3** Kaya lahat ng mga matatanda ng Israel
ay pumunta sa hari sa Hebron at gumawa si David ng
kasunduan sa kanila sa harap ni Yahweh. Binuhusan nila ng
langis si David na hari ng buong Israel. Sa ganitong paraang
natupad ang salita ni Yahweh na ipinahayag ni Samuel. **4** Si
David at lahat ng Israelita ay nagtungo sa Jerusalem (iyan ay
Jebus). Ngayon, naroon ang mga Jebuseo, na naninirahan
sa lupain na iyon. **5** Sinabi ng mga naninirahan sa Jebus kay
David, “Hindi ka makakapasok dito.” Ngunit tinalo ni David
ang matibay na tanggulan ng Zion, iyon ay ang lungsod ni
David. **6** Sinabi ni David, “Sinuman ang unang lulusob sa
mga Jebuseo ay magiging pinuno.” Kaya si Joab na anak
ni Zuriah ang unang lumusob, kaya ginawa siyang pinuno
ng hukbo. **7** Pagkatapos, nagsimulang tumira si David sa
matibay na tanggulan. Kaya tinawag nila itong lungsod ni
David. **8** Pinatibay niya ang pader ng lungsod mula sa Millo
at pinalibutan niya ng pader. Pinatibay ni Joab ang natitirang
bahagi ng lungsod. **9** Naging dakila si David sapagkat ang
makapangyarihang si Yahweh ay kasama niya. **10** Ito ang
mga pinuno na mayroon si David na nagpakita na sila
ay malalakas kasama niya sa kaniyang kaharian, kasama
ang buong Israel upang gawin siyang hari, na sinusunod
ang salita ni Yahweh tungkol sa Israel. **11** Ito ang listahan
ng mga piling kawal ni David: Si Jasobeam, na anak ng
isang Hacmonita, ay pinuno ng tatlumpu. Pinatay niya ang
tatlongdaang kalalakihan sa pamamagitan ng kaniyang sibat
sa isang pagkakataon. **12** Sumunod sa kaniya si Eleazar na
anak ni Dodo, na Ahohita na isa sa tatlong malalakas na mga
kalalakihan. **13** Kasama niya si David sa Pas-dammim, at
doon nagtipon-tipon ang mga Filisteo para sa labanan, kung

saan may bukid ng sebada at tumakas ang hukbo ng mga
Israelita mula sa mga Filisteo. 14 Tumayo sila sa gitna ng
bukid, ipinagtanggol ito at pinatay ang mga Filisteo. Iniligtas
sila ni Yahweh na may malaking tagumpay. 15 At tatlo sa
tatlumpung mga pinuno ang bumaba patungo kay David sa
malaking bato, sa yungib ng Adullam. Nagkampo ang mga
hukbo ng Filisteo sa lambak ng Rephaim. 16 Sa panahong
iyon, naroon si David sa kaniyang tanggulan, isang yungib,
samantalang nagtatag ang mga Filisteo ng kanilang kampo
sa Betlehem. 17 Nanabik sa tubig si David at sinabi, “Kung
may magbibigay sana sa akin ng tubig upang inumin mula
sa balon ng Betlehem, sa balon na malapit sa tarangkahan!”
18 Kaya sumugod ang tatlong malalakas na kalalakihan sa
hukbo ng mga Filisteo at kumuha ng tubig mula sa balon
ng Betlehem, ang balon na nasa tarangkahan. Kumuha
sila ng tubig at dinala kay David, ngunit tumanggi siyang
inumin ito. Sa halip, ibinuhos niya ito para kay Yahweh. 19 At
sinabi niya, “Huwag mong ipahintulot, Yahweh, na inumin ko
ito. Iinumin ko ba ang dugo ng mga kalalakihang nagbuwis
ng kanilang mga buhay?” Dahil inilagay nila sa panganib
ang kanilang buhay, ayaw niyang inumin ito. Ito ang mga
bagay na ginawa ng tatlong matatapang na kalalakihan. 20
Si Abisai na kapatid ni Joab ang namuno sa tatlo. Ginamit
niya ng minsan ang kaniyang sibat laban sa tatlong daan at
pinatay sila. Madalas siyang banggitin kasama ng tatlong
kawal. 21 Sa tatlo, siya ay labis na pinarangalan at naging
kanilang pinuno. Gayunman, ang kaniyang katanyagan ay
hindi papantay sa katanyagan ng tatlong mga kawal. 22
Si Benaias na anak ni Joaida ay malakas na lalaki na
gumawa ng mga kahanga-hangang gawa. Pinatay niya
ang dalawang anak ni Ariel ng Moab. Bumaba din siya sa
malalim na hukay at pinatay ang isang leon habang umuulan
ng niyebe. 23 Pinatay rin niya ang isang lalaking taga-Egipto
na may limang kubit ang taas. Ang taga-Egipto ay may sibat
na tulad ng kahoy na panghabi, subalit pumunta siya sa
kaniya na tungkod lamang ang dala. Inagaw niya ang sibat
sa kamay ng taga-Egipto at pinatay siya gamit ang sarili
niyang sibat. 24 Ang mga kahanga-hangang gawa na ito
ay ginawa ni Benaias na anak ni Joaida, at pinangalanan
siya kasama ng tatlong malalakas na kalalakihan. 25 Mas
higit siyang iginagalang kaysa sa tatlumpung mga kawal
sa pangkalahatan, ngunit hindi siya iginagalang na katulad
ng tatlong mga piling kawal. Gayunman, inilagay siya ni
David na tagapangasiwa ng kaniyang mga bantay. 26 Ang
malalakas na mga kalalakihan ay sina Asahel na kapatid ni
Joab, Elhanan na anak ni Dodo ng Betlehem, 27 Si Samot
na taga-Harod, Si Helez na taga-Pelet, 28 Si Ira na anak
ni Iques na taga-Tekoa, si Abiezer na taga-Anatot, 29 si
Sibecai na taga-Husa, si Ilai na taga-Aho, 30 si Maharai na
taga-Netofa, Heled na anak ni Baana na taga-Netofa, 31 si
Itai na anak ni Ribai na taga-Gibea na mula sa angkan ni
Benjamin, si Benaias na taga-Piraton, 32 si Hurai na mula sa
mga lambak ng Gaas, si Abiel na taga-Arba, 33 si Azmavet
na taga-Behurim, si Eliaba na taga-Saalbon, 34 ang mga
anak ni Hasem na taga-Gizon, si Jonathan na anak ni Sage
na taga-Arar, 35 si Ahiam na anak ni Sacar na taga-Arar, si
Elifal na anak ni Ur, 36 si Hefer na taga-Mequera, si Ahias na
taga-Pelon, 37 si Hezro na taga-Carmel, si Naarai na anak ni
Ezbai, 38 si Joel na kapatid ni Nathan, si Mibhar na anak ni
Hagri, 39 si Zelec na taga-Ammon, si Naarai na taga-Berot
(tagadala ng baluti ni Joab na anak ni Zeruiah), 40 si Ira at
Gareb na taga-Jatir, 41 si Urias na Heteo, si Zabad na anak
ni Ahlai, 42 si Adina na anak ni Siza (na pinuno sa angkan ni
Ruben) at kasama niya ang tatlumpung tao, 43 si Hanan
anak ni Maaca, at si Josafat na taga-Mitan, 44 si Uzias na
taga-Asterot, Sammah at Jeiel na mga anak ni Hotam na
taga-Aroer, 45 si Jediael na anak ni Simri at si Joha na
kaniyang kapatid na taga-Tiz, 46 si Eliel na taga-Mahava, si
Jeribai at Josavia ang mga anak ni Elnaam, si Itma na taga-
Moab, 47 sina Eliel, Obed, at Jasael na taga-Zoba.

**12** Ito ang mga kalalakihang pumunta kay David sa
Ziklag, nang siya ay natatago kay Saul na anak ni
Kish. Kasama sila sa mga kawal, na mga katulong niya sa
pakikipaglaban. 2 Sila ay may dalang mga pana at kaya
nilang gamitin ang parehong kanan at kaliwang kamay sa
pagtirador at sa pagpana ng mga palaso mula sa pana. Sila
ay galing sa lahi ni Benjamin, na kalahi ni Saul 3 Ang pinuno
ay si Ahiezer; sumunod si Joas —sila ay parehong anak ni
Semaa na taga-Gibea. Sina Jeziel at Pelet na mga anak ni
Asmavet. Naroon din si Beraca at Jehu na taga-Anatot, 4 si
Ismaias na taga-Gebion na isang sundalo na kasama sa
tatlumpu at siyang namumuno sa tatlumpu, sina Jeremias,
Jahaziel, Johanan, at Jozabad na mga taga-Gedera, 5 Sina
Eluzai, Jerimot, Balias, Semarias at Sefatias na taga-Haruf,
6 ang mga taga-Korah na sina Elkana, Isaias, Azarel, Joezer,
Jesobeam, at 7 Joela, at Zebadias, na mga anak ni Joram na
taga-Gedor. 8 Ilan sa mga taga-Gad ay umanib kay David sa
matibay na tanggulan sa ilang. Sila ay mga mandirigma, mga
kalalakihang sinanay para sa digmaan, na kayang humawak
ng kalasag at sibat; na ang mga mukha ay kasing bangis ng
mga mukha ng leon. Sila ay kasing bilis ng mga gasel sa
mga bundok. 9 Si Ezer ang pinuno, si Obadias ang ikalawa
si Eliab ang ikatlo, 10 si Mismana ang ikaapat, si Jeremias
ang ikalima, 11 si Attai ang ikaanim, si Eliel ang ikapito, 12
si Johanan ang ikawalo, si Elzabad ang ikasiyam, 13 si
Jeremias ikasampu, si Macbanai ang ikalabing-isa. 14 Itong
mga anak ni Gad ay mga pinuno ng hukbo. Ang pinamunuan
ng pinakamababa ay isang daan at ang pinamunuan ng

pinakadakila ay isanglibo. 15 Tinawid nila ang Jordan sa
unang buwan, nang umapaw ang mga pampang nito at
pinalayas ang lahat ng mga naninirahan sa mga kapatagan
papuntang silangan at papuntang kanluran. 16 Ang ilan sa
mga kalalakihan sa lipi ni Benjamin at Juda ay pumunta sa
matibay na tanggulan ni David. 17 Lumabas si David upang
salubungin sila at sinabi niya: "Kung pumunta kayo na may
kapayapaan upang tulungan ako, maaari kayong sumama
sa akin. Subalit kung kayo ay pumarito upang ipagkanulo
ako sa aking mga kalaban, sawayin nawa kayo ng Diyos ng
ating mga ninuno, sapagkat wala akong ginawang mali."
18 Pagkatapos, ang Espiritu ay dumating kay Amasai na
pinuno ng tatlumpu. Sinabi niya, "Kami ay sa iyo, David.
Kami ay nasa iyong panig, anak ni Jesse. Kapayapaan,
magkaroon nawa ng kapayapaan sa sinumang tutulong
sa iyo. Kapayapaan sa mga tumutulong sa iyo, sapagkat
tinutulungan ka ng Diyos." Pagkatapos, tinanggap sila ni
David at ginawa silang mga pinuno sa kaniyang mga tauhan.
19 Ang ilan mula sa Manases ay umalis upang sumama kay
David nang dumating siya kasama ang mga Filisteo upang
labanan si Saul. Ngunit hindi nila tinulungan ng mga Filisteo,
sapagkat ang panginoon ng mga Filisteo ay sumangguni sa
isa't isa at pinaalis si David. Sinabi nila, "Iiwan niya tayo at
sasama sa kaniyang panginoon na si Saul at malalagay sa
panganib ang ating buhay." 20 Nang pumunta siya sa Ziklag,
ang mga kalalakihan ng Manases na sumama sa kaniya
ay sina Adna, Jozabad, Jidiael, Micael, Eliu, at Zillettai, na
mga kapitan sa libu-libong mula sa Manases. 21 Tinulungan
ng mga lalaking mandirigma si David na lumaban sa mga
lumilibot na pangkat ng mga magnanakaw. Pagkatapos,
naging mga pinuno sila sa mga hukbo. 22 Araw-araw, may
mga lalaking pumupunta kay David upang tulungan siya
hanggang sa magkaroon ng malaking hukbo tulad ng hukbo
ng Diyos. 23 Ito ang talaan ng mga armadong kawal para sa
labanan na nagpunta kay David sa Hebron upang ibigay ang
kaharian ni Saul sa kaniya, na tumupad sa salita ni Yahweh.
24 Mula sa Juda ang mga nagdala ng kalasag at sibat ay
6, 800, na armado para sa digmaan. 25 Mula sa tribu ni
Simeon ay may 7, 100 na lalaking mandirigma. 26 Mula sa
mga Levita ay may 4, 600 na mga lalaking mandirigma. 27
Si Joiada ang pinuno ng mga kaapu-apuhan ni Aaron at ang
kasama niya ay 3, 700. 28 Kasama ni Zadok, isang binatang
malakas at matapang, ang dalawampu't dalawang pinuno
mula sa angkan ng kaniyang ama. 29 Mula kay Benjamin,
na tribu ni Saul ay may 3, 000. Karamihan sa kanila ay
nanatiling tapat kay Saul hanggang ngayon. 30 Mula sa
tribu ni Efraim ay may 20, 800 na lalaking mandirigma, mga
lalaking tanyag sa sambahayan ng kanilang ama. 31 Mula
sa kalahating tribu ni Manases ay may 18, 000 na mga
lalaking tanyag na dumating upang gawing hari si David. 32
Mula kay Isacar, ay may dalawandaang pinuno na may pag-
unawa sa mga panahon at nalalaman kung ano dapat gawin
ng Israel. Ang lahat ng kanilang kamag-anak ay nasa ilalim
ng kanilang utos. 33 Mula kay Zebulun ay may 50, 000 na
lalaking mandirigma, na nakahanda para sa digmaan, na
dala ang lahat ng sandata ng digmaan at handang ibigay
ang hindi nahahating katapatan. 34 Mula kay Neftali ay may
isang libong opisyal at kasama nila ang may 37, 000 na
lalaki na may mga kalasag at mga sibat. 35 Mula sa angkan
ni Dan ay may 28, 600 na mga kalalakihan na nakahanda
para sa labanan. 36 Mula kay Asher ay may apatnapung
libong mga kalalakihan na nakahanda para sa labanan. 37
Mula sa kabilang panig ng Jordan, mula sa tribu ni Ruben,
Gad, at sa kalahating tribu ni Manases ay may 120, 000 na
lalaking armado ng lahat ng uri ng sandata para sa labanan.
38 Ang lahat ng mga kawal na ito, na handa para sa labanan,
ay dumating sa Hebron na may matatag na hangarin na
gawing hari si David sa buong Israel. Ang lahat ng iba pang
Israelita ay sumang-ayon na gawing hari si David. 39 Sila
ay naroon ng tatlong araw kasama si David na kumain at
uminom, sapagkat pinadalhan sila ng kanilang mga kamag-
anak ng kailangang pagkain at inumin. 40 Bukod pa rito,
ang mga malapit sa kanila, hanggang Isacar, Zebulun at
Neftali, ay nagdala ng tinapay na isinakay sa mga asno,
mga camelyo, mga mola at mga baka, at tinapay na gawa
sa igos, mga kumpol ng pasas, alak, langis, baka at tupa,
sapagkat nagdiriwang ang Israel.

**13** Sumangguni si David sa mga pinuno ng libu-libo at
daan-daan, sa bawat pinuno. 2 Sinabi ni David sa
buong kapulungan ng Israel, 'Kung ito ang mabuti para sa
inyo at kung ito ay nagmula kay Yahweh na ating Diyos,
magpadala tayo ng mga mensahero sa lahat ng lugar kung
saan naroon ang ating mga kapatiran na nananatili sa lahat
ng mga rehiyon ng Israel at sa mga pari at mga Levita
na nasa kanilang mga lungsod. Sabihan sila na sumama
sila sa atin. 3 Ibalik natin ang kaban ng tipan sa atin,
sapagkat hindi natin sinangguni ang kaniyang kalooban
sa panahon ng paghahari ni Saul." 4 Sumang-ayon ang
buong kapulungan na gawin ang mga bagay na ito, dahil
tila tama ito sa paningin ng lahat ng mga tao. 5 Kaya,
tinipon ni David ang lahat ng mga Israelita, mula sa ilog ng
Sihor sa Egipto hanggang Lebo Hamat, upang kunin ang
kaban ng Diyos mula sa Kiriath Jearim. 6 Si David at ang
lahat ng Israel ay umakyat sa Baala, iyan ay ang, Kiriath
Jearim, na sakop ng Juda, upang kunin doon ang kaban
ng Diyos, na ang tawag ay Yahweh, na nakaupo sa trono
sa ibabaw ng kerubim. 7 Kaya inilagay nila ang kaban ng
Diyos sa bagong kariton. Inilabas nila ito mula sa bahay ni

Abinadab. Sina Uza at Ahio ang umaalalay sa kariton. 8 Si
David at ang lahat ng Israelita ay nagdiriwang sa harapan
ng Diyos ng kanilang buong lakas. Sila ay umaawit na may
mga instrumentong may kuwerdas, mga tamburin, mga
pompiyang at mga trumpeta. 9 Nang makarating sila sa
giikan sa Quidon, biglang hinawakan ni Uza ang kaban,
dahil natisod ang baka. 10 Pagkatapos, nagalab ang galit
ni Yahweh laban kay Uza at pinatay siya ni Yahweh dahil
hinawakan ni Uza ang kaban. Namatay siya doon sa harap
ng Diyos. 11 Nagalit si David dahil pinarusahan ni Yahweh si
Uza. Ang lugar na iyon ay tinawag na Perez Uza hanggang
sa araw na ito. 12 Natakot si David sa Diyos sa araw na
iyon. Sinabi niya, "Paano ko maiuuwi ang kaban ng tipan ng
Diyos?" 13 Kaya hindi inilipat ni David ang kaban ng tipan sa
lungsod ni David, ngunit inilagak ito sa bahay ni Obed-edom
na taga-Gat. 14 Ang kaban ng Diyos ay nanatili sa tahanan
ni Obed-edom ng tatlong buwan. Kaya pinagpala ni Yahweh
ang kaniyang tahanan at ang lahat ng kaniyang ari-arian.

**14** Pagkatapos, nagpadala si Hiram na hari ng Tiro ng
mga mensahero kay David at cedar na kahoy, mga
karpintero at mga mason. Nagtayo sila ng bahay para sa
kaniya. 2 Alam ni David na hinirang siya ni Yahweh bilang
hari sa buong Israel at naitaas ang kaniyang kaharian para
sa kapakanan ng kaniyang bayang Israel. 3 Nag-asawa pa
ng marami si David sa Jerusalem, at siya ay naging ama
ng maraming anak na lalaki at babae. 4 Ito ang pangalan
ng kaniyang mga anak na isinilang sa Jerusalem: Sina
Samua, Sobab, Natan, Solomon, 5 Ibhar, Elisua, Elpelet, 6
Noga, Nefeg, Jafia, 7 Elisama, Beeliada, at Elifelet. 8 Nang
mabalitaan ng mga Filisteo na hinirang si David bilang hari sa
buong Israel, umalis silang lahat upang hanapin siya. Ngunit
nabalitaan ni David ang tungkol dito at umalis upang labanan
sila. 9 Dumating ang mga Filisteo at nilusob ang lambak ng
Refaim. 10 Pagkatapos, humingi si David ng tulong mula
sa Diyos. Sinabi niya, "Dapat ko bang lusubin ang mga
Filisteo? Pagtatagumpayin mo ba ako laban sa kanila?"
Sinabi ni Yahweh sa kaniya, "Lusubin mo sila, sapagkat tiyak
na ibibigay ko sila sa iyo." 11 Kaya, pumunta sila sa Baal-
perazim at tinalo ang mga Filisteo doon. Sinabi niya, "Nilupig
ni Yahweh ang aking mga kaaway sa pamamagitan ng
aking mga kamay tulad ng rumaragasang tubig baha." Kaya
ang pangalan ng lugar na iyon ay Baal-perazim. 12 Iniwan
ng mga Filisteo ang kanilang mga diyus-diyosan doon at
nagbigay si David ng utos na dapat sunugin ang mga iyon.
13 Pagkatapos, muling nilusob ng mga Filisteo ang lambak.
14 Kaya muling humingi si David ng tulong sa Diyos. Sinabi
ng Diyos sa kaniya, "Huwag mong lusubin ang kanilang
harapan, sa halip umikot ka at lusubin mo sila sa likuran sa
tapat ng mga puno ng balsam. 15 Kapag narinig mo ang
tunog ng martsa sa hangin na umiihip sa itaas ng mga puno
ng balsam, lumusob ka nang buong lakas. Gawin mo ito
dahil ang Diyos ay mauuna sa iyo upang lusubin ang hukbo
ng mga Filisteo." 16 Kaya ginawa ni David ang inutos ng
Diyos sa kaniya. Tinalo niya ang hukbo ng mga Filisteo mula
sa Gibeon hanggang sa Gezer. 17 Pagkatapos, naipamalita
ang katanyagan ni David sa lahat ng lupain at ginawa ni
Yahweh na matakot ang lahat ng bansa kay David.

**15** Nagpatayo si David ng mga bahay para sa kaniyang sa
lungsod ni David. Siya ay naghanda ng isang lugar para
sa kaban ng Diyos at nagtayo ng tolda para dito. 2 At sinabi
ni David, "Ang mga Levita lamang ang maaaring magbuhat
ng kaban ng Diyos, sapagkat pinili sila ni Yahweh upang
buhatin ito at upang paglingkuran siya magpakailanman."
3 Pagkatapos, ang lahat ng Israel ay tinipon ni David sa
Jerusalem upang dalhin ang kaban ni Yahweh sa lugar na
kaniyang inihanda para dito. 4 Tinipon ni David ang mga
kaapu-apuhan ni Aaron at ang mga Levita. 5 Mula sa kaapu-
apuhan ni Kohat, naroon ang pinuno na si Uriel at ang
kaniyang mga kamag-anak na 120 na kalalakihan. 6 Mula
sa kaapu-apuhan ni Merari, naroon ang pinuno na si Asaias
at ang kaniyang mga kamag-anak na 220 na kalalakihan.
7 Mula sa kaapu-apuhan ni Gershom, naroon ang pinuno
na si Joel at ang kaniyang mga kamag-anak na 130 na
kalalakihan. 8 Mula sa kaapu-apuhan ni Elizafan, naroon
ang pinuno na si Semaias at ang kaniyang mga kamag-
anak na 200 na kalalakihan. 9 Mula sa kaapu-apuhan ni
Hebron, naroon ang pinuno na si Eliel at ang kaniyang mga
na kamag-anak na 80 na kalalakihan. 10 Mula sa kaapu-
apuhan ni Uziel, naroon ang pinuno na si Aminadab at ang
kaniyang mga na kamag-anak na 112 na kalalakihan. 11
Ipinatawag ni David ang mga paring sina Zadok at Abiatar
at ang mga Levitang sina Uriel, Asaias, Joel, Semaias,
Eliel at Aminadab. 12 Sinabi niya sa kanila, "Kayo ang mga
pinuno ng pamilya ng mga Levita. Ilaan ninyo ang inyong
sarili kay Yahweh, kayo at ang inyong mga kapatid na lalaki
upang maaari ninyong dalhin ang kaban ni Yahweh, ang
Diyos ng Israel sa lugar na inihanda ko para dito. 13 Hindi
ninyo ito binuhat noong una. Kung kaya si Yahweh na ating
Diyos ay nagalit sa atin, sapagkat hindi natin siya hinanap o
sinunod ang kaniyang kautusan." 14 Kaya ang mga pari at
ang mga Levita ay inilaan ang kanilang mga sarili upang
buhatin ang kaban ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. 15 Kaya
pinasan ng mga Levita ang kaban ng Diyos sa kanilang mga
balikat gamit ang mga pingga, tulad ng iniutos ni Moises
na alinsunod sa tuntuning ibinigay sa pamamagitan ng
salita ni Yahweh. 16 Kinausap ni David ang mga pinuno ng
Levita upang italaga ang kanilang mga kapatid na tumugtog
ng mga instrumentong pangmusika, instrumentong may

mga kuwerdas, mga alpa at mga pompiyang, tumugtog
ng malakas at masayang itataas ang kanilang mga tinig.
17 Kaya, itinalaga ng mga Levita si Heman, ang lalaking
anak ni Joel at isa sa kaniyang mga kapatid na lalaki, si
Asaf na anak ni Berequias. At itinalaga din ang kanilang
mga kamag-anak mula sa kaapu-apuhan ni Merari at si
Etan na anak ni Cusaias. 18 Kasama nila ang kanilang mga
kamag-anak na nasa ikalawang katungkulan: sina Zacarias,
Jaazael, Semiramot, Jehiel, Uni, Eliab, Benaias, Maaseias,
Matitias, Elifelehu, Micneias, Obed-edom, at Jeiel, ang mga
tagapagbantay ng tarangkahan. 19 Ang mga manunugtog na
sina Heman, Asaf at Etan ay itinalaga upang tumugtog ng
mga tansong pompiyang na may malalakas na tunog. 20 Sina
Zacarias, Aziel, Semiramot, Jehiel, Uni, Eliab, Maasaias, at
Benaias ang tumugtog ng mga instrumentong may kuwerdas
na alinsunod sa Alamot. 21 Ang mga nanguna sa pagtugtog
ng mga alpa ay sina Matitias, Elifelehu, Micneias, Obed-
edom, Jeiel at Azazias na alinsunod sa Seminit. 22 Si
Quenanias na pinuno ng mga Levita sa pag-awit, ang
namahala sa pag-awit dahil mahusay siya. 23 Sina Berequias
at Elkana ang tagabantay sa kaban. 24 Ang mga paring sina
Sebanias, Joshafat, Nethanael, Amazias, Zacarias, Benaias
at Eliezer ang iihip ng mga trumpeta sa harapan ng kaban
ng Diyos. Si Obed-edom at Jehias ang mga tagabantay ng
kaban. 25 Kaya pumunta sina David, ang mga nakatatanda
sa Israel at ang mga pinuno sa libu-lubo upang ilabas sa
bahay ni Obed-edom ang kaban ng tipan ni Yahweh na may
kagalakan. 26 Sapagkat tinulungan ng Diyos ang mga Levita
na nagbuhat sa kaban ng tipan ni Yahweh, naghandog sila
ng pitong toro at pitong tupa. 27 Nakadamit si David ng
balabal na gawa pinong lino, ganoon din ang mga Levitang
nagbuhat sa kaban, ang mga mang-aawit, at si Kenaniaz,
ang nangunguna sa awit kasama ang mga mang-aawit.
Nakasuot si David ng linong efod. 28 Kaya dinala ng lahat
ng Israel ang kaban ng tipan ni Yahweh na may masayang
hiyawan at may tunog ng mga tambuli, mga pompiyang at
mga instrumentong may kuwerdas at mga alpa. 29 Ngunit
nang paparating ang kaban ng tipan ni Yahweh sa lungsod
ni David, dumungaw sa bintana ang babaeng anak ni Saul
na si Mical. Nakita niya si Haring David na sumasayaw at
nagdiriwang. At kinamuhian niya si Haring David sa kaniyang
puso.

**16** Ipinasok nila ang kaban ng Diyos at inilagay ito
sa gitna ng tolda na ipinagawa ni David para dito.
Pagkatapos, naghandog sila ng mga alay na susunugin
at mga handog pangkapayapaan sa harap ng Diyos. 2
Nang natapos ni David ihandog ang alay na susunugin at
handog pangkapayapaan, pinagpala niya ang mga tao sa
pangalan ni Yahweh. 3 Nagbahagi siya sa bawat Israelita,
sa mga kalalakihan at kababaihan, ng tinapay, at isang
pirasong karne, at kumpol ng mga pasas. 4 Nagtalaga si
David ng ilang Levita upang maglingkod sa harapan ng
kaban ni Yahweh, at upang magdiwang, magpasalamat
at magpuri kay Yahweh, ang Diyos ng Israel. 5 Ang mga
Levitang ito ay sina Asaf, na pinuno, at pumapangalawa
sa kaniya sina Zacarias, Jeiel, Semiramot, Jehiel, Matitias,
Eliab, Benaias, Obed-edom at Jeiel. Sila ang tutugtog ng
mga instrumentong may kwerdas at mga alpa. Si Asaf
naman ang tutugtog sa mga pompiyang nang malakas. 6
Ang mga paring sina Benaias at Jahaziel ang palaging iihip
sa mga sungay sa harapan ng kaban ng tipan ng Diyos.
7 At sa araw na iyon, unang hinirang ni David si Asaf at
ang kaniyang mga kapatid upang awitin ang awit na ito ng
pasasalamat kay Yahweh. 8 Magpasalamat kay Yahweh,
tumawag sa kaniyang pangalan at ipaalam sa lahat ng
bansa ang kaniyang mga gawa. 9 Umawit sa kaniya, umawit
ng mga papuri sa kaniya at ipagsabi ang lahat ng kaniyang
kamangha-manghang mga gawa. 10 Magmayabang kayo
sa kaniyang banal na pangalan, magalak ang puso ng
mga naghahanap kay Yahweh. 11 Hanapin si Yahweh at
ang kaniyang kalakasan; patuloy na hanapin ang kaniyang
presensiya. 12 Alalahanin ang kaniyang mga kamangha-
manghang ginawa, ang kaniyang mga himala at mga utos
na nagmula sa kaniyang bibig, 13 kayo na kaapu-apuhan
ng Israel ang kaniyang mga lingkod, kayong mga tao ni
Jacob, ang kaniyang pinili. 14 Siya si Yahweh, ang ating
Diyos. Ang kaniyang mga utos ay nasa buong mundo.
15 Panatilihin ninyo sa inyong isipan ang kaniyang tipan
magpakailanman, ang salita na kaniyang iniutos sa sanlibong
salinlahi. 16 Naaalala niya ang kasunduan na kaniyang
ginawa kay Abraham, at ang kaniyang sinumpaan kay
Isaac. 17 Ito ang kaniyang pinatunayan kay Jacob bilang
isang kautusan, at sa Israel bilang isang walang hanggang
kasunduan. 18 Sinabi niya, “Ibibigay ko sa iyo ang lupain ng
Canaan bilang bahagi ng iyong mamanahin.” 19 Sinabi ko
ito noong kakaunti pa lamang ang inyong bilang, talagang
napakaunti, at mga estranghero sa lupain. 20 Nagpunta
sila mula sa isang bansa patungo sa isang bansa, mula
sa isang kaharian patungo sa iba. 21 Hindi niya hinayaan
na apihin sila ng sinuman, pinarusahan niya ang mga hari
alang-alang sa kanilang kapakanan. 22 Sinabi niya, “Huwag
ninyong gagalawin ang aking mga pinili, at huwag ninyong
sasaktan ang aking mga propeta.” 23 Umawit kay Yahweh,
buong mundo; ihayag araw-araw ang kaniyang pagliligtas.
24 Ipahayag ang kaniyang kaluwalhatian sa mga bansa,
ang kaniyang kamangha-manghang mga gawa sa lahat
ng bansa. 25 Sapagkat si Yahweh ay dakila at marapat
na papurihan, at marapat siyang katakutan higit sa lahat

ng ibang diyos. **26** Sapagkat ang lahat ng diyos ng mga
bansa ay mga diyus-diyosan, ngunit si Yahweh ang lumikha
ng mga langit. **27** Ang kaluwalhatian at kamaharlikaan ay
nasa kaniyang presensiya. Ang kalakasan at kagalakan ay
nasa kaniyang lugar. **28** Ibigay kay Yahweh ang papuri,
kayong mga angkan ng mga tao, ibigay kay Yahweh ang
kaluwalhatian at kalakasan. **29** Ibigay kay Yahweh ang
kaluwalhatiang nararapat sa kaniyang pangalan. Magdala
ng handog at lumapit sa kaniyang harapan. Yumuko kay
Yahweh sa kaniyang banal na kaluwalhatian. **30** Manginig sa
kaniyang harapan, lahat ng nasa daigdig. Ang sanlibutan
ay matatag at hindi ito mayayanig. **31** Matuwa ang mga
langit at ang daigdig ay magalak; sasabihin nila sa lahat
ng mga bansa, "maghari si Yahweh." **32** Dadagundong
ang karagatan, at sisigaw ng may kagalakan ang mga
pumupuno nito. Magagalak ang mga parang, at ang lahat
ng nandito. **33** Sisigaw ng may kagalakan sa harap ni
Yahweh ang mga puno sa kagubatan, sapagkat darating siya
upang hatulan ang mundo. **34** Magpasalamat kay Yahweh,
sapagkat siya ay mabuti, at ang matapat niyang kasunduan
ay magtatagal magpakailanman. **35** At sabihing, "Iligtas
mo kami, Diyos ng aming kaligtasan. Tipunin mo kami ng
magkakasama at iligtas mo kami mula sa ibang mga bansa,
upang makapagpasalamat kami sa iyong banal na pangalan
at kaluwalhatian sa iyong kapurihan." **36** Nawa si Yahweh,
ang Diyos ng Israel ay papurihan magpakailanman hanggang
sa magpasawalang-hanggan. Sinabi ng lahat ng tao, "Amen"
at pinuri si Yahweh. **37** Kaya iniwan ni David si Asaf at ang
kaniyang mga kapatid sa harapan ng kaban ng tipan ni
Yahweh, upang patuloy na maglingkod sa harapan ng kaban,
gaya ng kinakailangang gawin araw-araw. **38** Kasama din si
Obed- edom at ang animnapu't walong kamag-anak nito.
Si Obed-edom na anak ni Jeduthun, kasama si Hosa ang
magiging mga tagapagbantay ng tarangkahan. **39** Ang paring
si Zadok at ang kaniyang mga kapwa pari ay maglilingkod
sa harapan ng tabernakulo ni Yahweh sa dambana na nasa
Gibeon. **40** Sila ay patuloy na maghahandog ng mga alay
na susunugin para kay Yahweh sa altar para sa mga alay
na susunugin umaga at gabi, bilang pagsunod sa lahat
ng nasusulat sa kautusan ni Yahweh, na ibinigay niya sa
Israel bilang kautusan. **41** Kasama nila sina Heman at
Jeduthun, gayon din ang mga pinili sa pangalan upang
magpasalamat kay Yahweh dahil ang kaniyang matapat na
kasunduan ay magtatagal magpakailanman. **42** Sina Heman
at Jeduthun ang namamahala sa mga nagpapatunog ng mga
trumpeta, mga pompiyang, at ang ibang mga instrumento
para sa sagradong musika. Ang mga anak ni Jeduthun ang
nagbantay sa tarangkahan. **43** Pagkatapos, umuwi ang lahat
ng tao sa kanilang mga tahanan, at umuwi si David upang
pagpalain ang kaniyang sariling sambahayan.

**17** At nangyari nang nakatira na ang hari sa kaniyang
tahanan, sinabi niya kay propeta Natan, "Tingnan mo,
ako ay nakatira sa isang tahanan na sedar, ngunit ang kaban
ng tipan ni Yahweh ay nananatili sa ilalim ng isang tolda." **2**
Pagkatapos, sinabi ni Natan kay David, "Humayo ka, gawin
mo kung ano ang nasa iyong puso, sapagkat ang Diyos ay
sumasaiyo." **3** Ngunit nang gabing iyon, ang salita ng Diyos
ay dumating kay Natan at sinabi, **4** "Humayo ka at sabihin
mo sa lingkod kong si David, 'Ito ang sinasabi ni Yahweh:
Hindi mo ako ipagtatayo ng isang bahay na matitirhan. **5**
Sapagkat hindi ako tumira sa isang bahay mula sa araw
na dinala ko ang Israel hanggang sa kasalukuyang araw
na ito. Sa halip, ako ay naninirahan sa isang tolda, isang
tabernakulo, sa iba't ibang lugar. **6** Sa lahat ng lugar na
nilipatan ko kasama ang buong Israel, mayroon ba akong
sinabi na kahit ano sa sinuman sa mga pinuno ng Israel na
pinili kong magpastol sa aking mga tao, nagsasabi, "Bakit
hindi ninyo ako ipinagtayo ng isang tahanan na sedar?"'" **7**
"At ngayon, sabihin mo sa aking lingkod na si David, 'Ito ang
sinasabi ni Yahweh, na pinuno ng hukbo: "Kinuha kita mula
sa pastulan, mula sa pagsunod sa mga tupa, nang sa gayon
ikaw ay maging pinuno ng bayan kong Israel. **8** At kasama
mo ako saan ka man magpunta at nilupig ko ang lahat ng
iyong kaaway sa iyong harapan. At gagawan kita ng isang
pangalan, katulad ng pangalan ng mga dakila na nasa lupa.
**9** Ako ay magtatakda ng isang lugar para sa bayan kong
Israelita at patitirahin ko sila doon, nang sa gayon manirahan
sila sa sarili nilang lugar at hindi na sila magagampala. Hindi
na sila aapihin ng mga masasamang tao, tulad ng ginawa
nila noon, **10** tulad ng ginagawa nila mula sa mga araw na
inutusan ko ang mga hukom na pamahalaan ang bayan kong
Israel. At susupilin ko ang lahat ng iyong kaaway. Gayon din,
sinasabi ko sa iyo na ako, si Yahweh ay magtatayo ng isang
tahanan para sa iyo. **11** At mangyayari na kapag natapos
na ang iyong mga araw upang ikaw ay pumunta sa iyong
mga ninuno, gagawin kong tagapamuno ang iyong kaapu-
apuhan na susunod sa iyo, at sa isa sa iyong sariling kaapu-
apuhan, itatatag ko ang kaniyang kaharian. **12** Ipagtatayo
niya ako ng isang tahanan, at itatatag ko ang kaniyang trono
magpakailanman. **13** Ako ay magiging ama sa kaniya, at siya
ay magiging anak ko. Hindi ko babawiin ang matapat kong
kasunduan sa kaniya, tulad ng pagbawi ko nito mula kay
Saulo, na namuno bago ikaw. **14** Itatalaga ko siya sa aking
tahanan at sa aking kaharian magpakailanman, at itatatag ko
ang kaniyang trono magpakailaman."'" **15** Nagsalita si Natan
kay David at ibinalita sa kaniya ang lahat ng mga salitang
ito, at sinabi niya rin ang tungkol sa kabuuang pangitain. **16**

Pagkatapos, pumasok si haring David at umupo sa harapan
ni Yahweh, sinabi niya, “Sino ako, Yahweh na Diyos, at
ano ang aking pamilya na ako ay dinala mo sa kalagayang
ito? 17 At ito ay isang maliit na bagay sa iyong paningin, O
Diyos. Ikaw ay nagsalita tungkol sa pamilya ng iyong lingkod
tungkol sa panahon na darating, at ipinakita mo sa akin ang
mga susunod na salinlahi, O Yahweh na Diyos. 18 Ano pa
ang masasabi ko, akong si David, sa iyo? Pinarangalan
mo ang iyong lingkod. Binigyan mo ang iyong lingkod ng
isang natatanging pagkilala. 19 O Yahweh, alang-alang sa
iyong lingkod at upang matupad ang iyong sariling layunin,
ginawa mo ang dakilang bagay na ito upang ihayag ang
lahat ng iyong mga dakilang gawa. 20 O Yahweh, wala
kang katulad, at walang ibang Diyos maliban sa iyo, gaya
ng lagi naming naririnig. 21 At anong bansa sa mundo
ang tulad ng iyong bayang Israel na iniligtas mo O Diyos
mula sa Egipto bilang mga tao para sa iyo, upang gumawa
ng pangalan para sa iyo sa pamamagitan ng mga dakila
at mga nakamamanghang gawa? Pinalayas mo ang mga
bansa sa harap ng iyong mga tao, na iniligtas mo mula sa
Egipto. 22 Ginawa mo ang Israel na iyong sariling mga tao
magpakailanman, at ikaw, O Yahweh ang naging Diyos nila.
23 Kaya ngayon, O Yahweh, nawa manatili magpakailanman
ang ipinangako mo tungkol sa iyong lingkod at sa kaniyang
pamilya. Gawin mo kung ano ang iyong sinabi. 24 Nawa
ang iyong pangalan ay manatili magpakailanman at maging
dakila, upang sabihin ng mga tao, 'Si Yahweh, ang pinuno
ng mga hukbong anghel ang Diyos ng Israel,' habang ang
tahanan ko, akong si David na iyong lingkod ay manatili sa
iyong harapan. 25 Sapagkat ipinahayag mo, o aking Diyos,
sa iyong lingkod na ipagtatayo mo siya ng isang tahanan.
Kaya ako na iyong lingkod ay nakatagpo ng tapang upang
manalangin sa iyo. 26 Ngayon, O Yahweh, ikaw ay Diyos, at
ginawa mo ang mabuting pangako na ito sa iyong lingkod:
27 Ngayon, ikinalugod mo na pagpalain ang tahanan ng
iyong lingkod upang ito ay magpatuloy magpakailanman
sa iyong harapan. Pinagpala mo ito, O Yahweh, at ito ay
pagpapalain magpakailanman.”

**18** Pagkatapos nito, nangyari na sinalakay ni David
ang mga Filisteo at tinalo sila. Kinuha niya ang Gat
at ang mga nayon nito mula sa pamamahala ng mga
FIlisteo. 2 Pagkatapos tinalo niya ang Moab, at naging mga
tagapaglingkod ni David ang mga Moabita at binigyan siya
ng parangal. 3 Sunod na tinalo ni David si Hadadezer, ang
hari ng Zoba sa Hamat, habang naglalakbay si Hadadezer
upang itatag ang kaniyang pamumuno sa Ilog Eufrates. 4
Nabihag ni David mula sa kaniya ang isanlibong karwahe,
pitong libong mangangabayo, at dalawampung libong kawal
na naglalakad. Pinilayan ni David ang mga kabayo ng mga
karwahe, ngunit nagtira siya ng sapat sa kanila para sa
isandaang karwahe. 5 Nang dumating ang mga Arameo ng
Damasco upang tulungan si Hadadezer na hari ng Zoba,
pinatay ni David ang dalawampu't dalawang libong Arameong
kalalakihan. 6 Pagkatapos naglagay si David ng mga kuta
sa Aram ng Damasco, at naging mga alipin niya ang mga
Arameo at nagdala sa kaniya ng parangal. Binigyan ni
Yahweh si David ng katagumpayan saan man siya nagpunta.
7 Kinuha ni David ang mga gintong panangga na nasa mga
alipin ni Hadadezer at dinala sila sa Jerusalem. 8 Kinuha ni
David ang napakaraming tanso mula sa Tibha at Cun, ang
mga lungsod ni Hadadezer. Ito ang mga tanso na kalaunan
ay ginamit ni Solomon sa paggawa ng tansong dagat, mga
haligi, at mga kagamitang tanso. 9 Nang mabalitaan ni
Tou, ang hari ng Hamat, na tinalo ni David ang lahat ng
hukbo ni Hadadezer na hari ng Zoba, 10 ipinadala ni Tou
ang kaniyang anak na si Hadoram kay Haring David upang
batiin at pagpalain, dahil nakipaglaban at tinalo ni David si
Hadadezer, at dahil nagdeklara si Hadadezer ng digmaan
laban kay Tou. Nagdala si Hadoram ng mga kagamitan na
pilak, ginto, at tanso. 11 Inilaan ni Haring David ang mga
kagamitang ito kay Yahweh, kasama ang mga pilak at mga
ginto na nakuha niya sa lahat ng bansa: sa Edom, Moab,
sa mga Ammonita, sa mga Filisteo, at Amalek. 12 Pinatay
ni Abisai na anak ni Zeruias ang 18, 000 na Edomita sa
lambak ng Asin. 13 Naglagay siya ng mga kuta sa Edom, at
naging mga tagapaglingkod ni David ang lahat ng Edomita.
Binigyan ni Yahweh si David ng katagumpayan saan man
siya nagpunta. 14 Naghari si David sa buong Israel, at
pinangasiwaan niya nang may katarungan at katuwiran ang
lahat ng kaniyang mamamayan. 15 Si Joab na anak ni
Zeruias ang pinuno ng hukbo, at si Jehosafat na anak ni
Ahilud ang tagapagtala. 16 Si Zadok na anak ni Ahitob at si
Abimelec na anak ni Abiatar ay mga pari, at si Shavsha ay
eskriba. 17 Si Benaias na anak ni Joiada ang tagapangasiwa
ng mga Kereteo at mga Peleteo, at ang mga anak ni David
ay ang mga pangunahing tagapayo ng hari.

**19** Hindi nagtagal, namatay ang hari ng mga Ammonita na
si Nahas at ang kaniyang anak ang naging hari kapalit
niya. 2 Sinabi ni David, “Magpapakita ako ng kabaitan kay
Hanun na anak ni Nahas sapagkat nagpakita ng kabaitan
ang kaniyang ama sa akin.” Kaya nagpadala si David ng
mga mensahero upang damayan siya tungkol sa kaniyang
ama. Pumasok ang mga lingkod ni David sa lupain ng mga
Ammonita at pumunta kay Hanun upang damayan siya. 3
Ngunit sinabi ng mga pinuno ng mga Ammonita kay Hanun,
“Iniisip mo ba talaga na pinararangalan ni David ang iyong
ama dahil nagpadala siya ng mga kalalakihan upang aliwin
ka? Hindi kaya naparito ang kaniyang mga lingkod sa iyo

upang manmanan at suriin ang lupain upang pabagsakin
ito?" 4 Kaya ipinahuli ni Hanun ang mga lingkod ni David,
inahitan sila, pinutol ang kanilang mga kasuotan mula sa
kanilang baywang, hanggang sa puwitan at saka sila pinaalis.
5 Nang isinalaysay nila ito kay David, nagpadala siya ng
mga sasalubong sa kanila, sapagkat labis na napahiya ang
mga kalalakihan. Sinabi ng hari, "Manatili kayo sa Jerico
hanggang sa muling tumubo ang inyong mga balbas at saka
kayo bumalik dito." 6 Nang nakita ng mga Ammonita na
naging mabaho sila kay David, nagpadala si Hanun at ang
mga Ammonita ng isang libong talentong pilak upang upahan
ang mga karwahe ng Arameo at mga mangangabayo mula
sa Naharaim, Maacah, at Soba. 7 Nakaupa sila ng 32, 000
na karwahe sa hari ng Maacah at ang kaniyang mga tauhan
na pumunta at nagkampo sa tapat ng Medeba. Nagsama-
sama ang mga Ammonita mula sa kanilang mga lungsod at
pumunta sa digmaan. 8 Nang marinig ito ni David, ipinadala
niya si Joab at ang kaniyang buong hukbo upang salubungin
sila. 9 Lumabas ang mga Ammonita at humanay para sa
labanan sa may tarangkahan ng lungsod, samantalang
ang mga haring dumating ay nasa parang na wala silang
kasama. 10 Nang makita ni Joab na ang hanay na kaniyang
kakalabanin ay kapwa sa harapan at likuran, pumili siya
ng ilan sa mga pinakamahusay na mandirigma ng Israel
at pinahanay sila laban sa mga Arameo. 11 Samantalang
ibinigay niya ang pamumuno sa mga natirang hukbo sa
kaniyang kapatid na si Abisai at inilagay niya sila sa hanay
ng pakikipaglaban sa hukbo ng mga Ammonita. 12 Sinabi ni
Joab, "Kung labis na malakas ang mga Arameo para sa
akin, kailangan mo akong iligtas Abisai. Ngunit kung labis na
malakas ang hukbo ng mga Ammonita para sa iyo, darating
ako at ililigtas kita. 13 Maging malakas ka at ipakita natin
na tayo ay malakas alang-alang sa ating bayan at alang-
alang sa mga lungsod ng ating Diyos, sapagkat gagawin ni
Yahweh kung ano ang mabuti para sa kaniyang layunin."
14 Kaya sumulong si Joab at ang mga kawal ng kaniyang
hukbo sa digmaan laban sa mga Arameo, na sapilitang
tumakas sa harap ng hukbo ng Israel. 15 Nang makita ng
hukbo ng mga Ammonita na tumakas ang mga Arameo,
tumakas din sila mula kay Joab na kapatid ni Abisai at
bumalik sa lungsod. Pagkatapos, bumalik si Joab mula sa
mga Ammonita at bumalik sa Jerusalem. 16 At nang nakita
ng mga Arameo na natatalo sila ng Israel, nagpadala sila
ng karagdagang mga kawal mula sa ibayong Ilog Eufrates,
kasama si Sofac, ang pinuno ng hukbo ni Hadadezer. 17
Nang sabihin ito kay David, tinipon niya ang lahat ng Israel,
tumawid sila sa Jordan, at pumunta sa kanila. Pinahanay
niya ang hukbo para sa digmaan laban sa mga Arameo, at
nilabanan nila siya. 18 Tumakas ang mga Arameo mula sa
Israel at nakapatay si David ng pitong libong nakakarwaheng
Arameo at apatnapung libong mga kawal na naglalakad.
Pinatay din niya si Sofac, ang pinuno ng hukbo. 19 Nang
makita ng lahat ng haring tagapaglingkod ni Hadadezer
na tinalo sila ng Israel, nakipagkasundo sila kay David at
naglingkod sa kanila. Kaya hindi na pumayag ang mga
Arameo na tulungan ang mga Ammonita.

**20** Nang sumapit ang tagsibol sa panahon na karaniwang
nakikipagdigma ang mga hari. Pinangunahan ni Joab
ang hukbo sa labanan at winasak nila ang lupain ng mga
Ammonita. Pumunta siya at sinalakay ang Rabba, nanatili si
David sa Jerusalem. Nilusob ni Joab ang Rabba at tinalo ito.
2 Kinuha ni David ang korona ng kanilang hari mula sa ulo
nito at nalaman niya na nagtitimbang ito ng isang talentong
ginto at may mga mamahaling bato. Inilagay ang korona sa
ulo ni David at inilabas niya ang napakalaking bilang na
sinamsam sa lungsod. 3 Pinalabas niya ang mga tao na
nasa lungsod at sapilitan silang pinagtrabaho gamit ang mga
lagari, mga matutulis na bakal at mga palakol. Iniutos ni
David sa lahat ng mga lungsod ng mga Ammonita na gawin
ang trabahong ito. Pagkatapos, bumalik si David at ang lahat
ng kaniyang hukbo sa Jerusalem. 4 At nangyari pagkatapos
nito, nagkaroon ng digmaan sa Gezer laban sa mga Filisteo.
Napatay ni Sibecai na Husatita si Sipai, isa sa mga kaapu-
apuhan ng Refaim at nasakop ang mga Filisteo. 5 At muling
nangyari sa digmaan laban sa mga Filisteo sa Gob, pinatay
ni Elhanan na anak ni Jair na taga-Bethlehem si Lahmi na
kapatid ni Goliath na taga-Gat, na ang sibat ay katulad ng
kahoy na ginagamit ng manghahabi. 6 At nangyari na sa isa
pang labanan sa Gat, may isang lalaking sobrang tangkad
na may tig-aanim na daliri sa bawat kamay at tig-aanim na
daliri sa bawat paa. Mula rin siya sa lahi ng Refaim, 7 Nang
kutyain niya ang hukbo ng Israel, pinatay siya ni Jehonadab
na anak ni Simea, na kapatid ni David. 8 Ito ay mga kaapu-
apuhan ng Refaim sa Gat, at sila ay pinatay sa pamamagitan
ng kamay ni David at sa kamay ng kaniyang mga kawal.

**21** Lumitaw ang isang kaaway laban sa Israel at inudyukan
si David na bilangin ang mga tao sa Israel. 2 Sinabi
ni David kay Joab at sa mga pinuno ng hukbo, "Pumunta
kayo, bilangin ninyo ang mga tao ng Israel mula Beer-
seba hanggang Dan at bumalik kayo at ibalita ninyo sa
akin, upang malaman ko ang bilang nila. 3 Sinabi ni Joab,
"Nawa ay paramihin ni Yahweh ang kaniyang hukbo ng
isandaang beses na mas marami kaysa sa kung ano ito
ngayon. Ngunit aking panginoong hari, hindi ba naglilingkod
silang lahat sa aking panginoon? Bakit gusto ito ng aking
panginoon? Bakit ka magdadala ng sanhi ng pagkakasala
sa Israel?" 4 Ngunit nanaig ang utos ng hari kay Joab.

Kaya umalis si Joab at pumunta sa lahat ng dako ng Israel.
Pagkatapos bumalik siya sa Jerusalem. **5** At ibinalita ni
Joab ang kabuuang bilang ng mga kalalakihang mandirigma
kay David. Mayroong 1, 100, 000 na mga kalalakihan na
bumubunot ng espada sa Israel. Mayroong 470, 000 na mga
kawal sa Juda lamang. **6** Ngunit hindi kasama sa bilang ang
mga tribo ni Levi at Benjamin, sapagkat namuhi si Joab sa
utos ng hari. **7** Nasaktan ang Diyos sa ginawa niyang ito,
kaya sinalakay niya ang Israel. **8** Sinabi ni David sa Diyos,
“Labis akong nagkasala sa paggawa nito. Ngayon, alisin mo
ang kasalanan ng iyong lingkod, sapagkat ako ay naging
napakahangal.” **9** Sinabi ni Yahweh kay Gad, na propeta ni
David, **10** “Pumunta ka at sabihin kay David: 'Ito ang sinabi
ni Yahweh: “Binibigyan kita ng tatlong pagpipilian. Pumili ka
ng isa sa mga ito.”'” **11** Kaya pumunta si Gad kay David
at sinabi sa kaniya, “Ito ang sinabi ni Yahweh: 'Mamili ka
ng isa sa mga ito: **12** tatlong taon na tag-gutom, tatlong
buwan na pagtugis ng iyong mga kaaway at pagkahuli
sa pamamagitan ng kanilang mga espada, o kaya tatlong
araw na espada ni Yahweh, iyon ay, isang salot sa lupain,
wawasakin ng mga anghel ni Yahweh ang buong lupain
ng Israel.' Kaya ngayon, magpasya ka kung anong sagot
ang dadalhin sa nagsugo sa akin” **13** Pagkatapos, sinabi ni
David kay Gad, “Ako ay nasa mahirap na kalagayan. Hayaan
mong mahulog ako sa kamay ni Yahweh kaysa sa kamay ng
mga tao, sapagkat napakadakila ng kaniyang mahabaging
gawa.” **14** Kaya nagpadala si Yahweh ng isang salot sa
Israel at pitumpung libong tao ang namatay. **15** Nagpadala
ang Diyos ng isang anghel sa Jerusalem upang sirain ito.
Nang sisirain na niya ito, nanood si Yahweh at nagbago ang
kaniyang isip tungkol sa paninira. Sinabi niya sa naninirang
anghel, “Tama na! Ngayon iurong mo ang iyong kamay.”
Sa oras na iyon, nakatayo ang anghel ni Yahweh sa giikan
ni Ornan na Jebuseo. **16** Tumingin sa itaas si David at
nakita niya ang anghel ni Yahweh na nakatayo sa pagitan
ng langit at lupa na may hawak na espada na nakataas
sa buong Jerusalem. Pagkatapos dumapa si David at ang
mga nakatatanda na nakadamit ng pangluksa sa lupa. **17**
Sinabi ni David sa Diyos, “Hindi ba ako ang nag-utos na
bilangin ang hukbo? Ginawa ko ang masamang bagay na
ito. Ngunit ang mga tupang ito, ano ang kanilang ginawa?
Pakiusap Yahweh na aking Diyos, hayaan mong ako at ang
aking pamilya ang parusahan ng iyong kamay, ngunit huwag
mong parusahan ang iyong mga tao ng salot na ito.” **18**
Kaya inutusan ng anghel ni Yahweh si Gad na sabihin kay
David, na kailangang pumunta si David at magtayo ng altar
para kay Yahweh sa giikan ni Ornan na Jabuseo. **19** Kaya
pumunta si David gaya ng itinagubilin sa kaniya ni Gad na
gawin sa ngalan ni Yahweh. **20** Habang naggigiik ng trigo si
Ornan, lumingon siya at nakita ang anghel. Nagtago siya at
ang kaniyang apat na anak na lalaki na kasama niya. **21**
Nang dumating si David kay Ornan, tumingin si Ornan at
nakita niya si David. Iniwan niya ang giikan at yumukod kay
David na nasa lupa ang kaniyang mukha. **22** At sinabi ni
David kay Ornan, “Ibenta mo sa akin ang giikang ito upang
makapagtayo ako ng altar para kay Yahweh. Babayaran
ko ang kabuuang halaga upang maalis ang salot sa mga
tao.” **23** Sinabi ni Ornan kay David, “Kunin mo ito na parang
pagmamay-ari mo aking panginoon na hari. Gawin mo dito
kung ano ang mabuti sa iyong paningin. Narito, bibigyan kita
ng mga baka para sa mga alay na susunugin, mga kahoy na
kasangkapan sa panggiik para panggatong at trigo para
sa handog na butil; Ibibigay ko ang lahat ng ito sa iyo.”
**24** Sinabi ni Haring David kay Ornan, “Hindi, iginigiit kong
babayaran ko ang kabuuang halaga. Hindi ko kukunin ang
sa iyo at ihahandog ito bilang handog na susunugin para kay
Yahweh, ng walang halaga.” **25** Kaya nagbayad si David ng
animnaraang siklong ginto para sa lugar. **26** Nagtayo doon si
David ng altar para kay Yahweh at naghandog ng mga alay
na susunugin at mga handog pangkapayapaan. Tinawag
niya si Yahweh, na sumagot sa kaniya sa pamamagitan ng
apoy mula sa langit patungo sa altar para sa mga handog
na susunugin. **27** Pagkatapos nagbigay ng utos si Yahweh
sa anghel at ibinalik ng anghel ang kaniyang espada sa
lalagyan nito. **28** Nang makita ni David na sinagot siya ni
Yahweh sa giikan ni Ornan na Jabuseo, ginawa na niya ang
pag-aalay doon sa sandali ring iyon. **29** Sa panahon iyon,
ang tabernakulo ni Yahweh na ginawa ni Moises sa ilang at
ang altar para sa mga alay na susunugin ay nasa banal na
lugar sa Gibeon. **30** Gayun paman, hindi makapunta si David
doon upang humingi ng patnubay sa Diyos, dahil natatakot
siya sa espada ng anghel ni Yahweh.

**22** At sinabi ni David, “Dito itatayo ang tahanan ng Diyos
na si Yahweh, kasama ang altar para sa mga handog
na susunugin ng Israel.” **2** Kaya inutosan ni David ang
kaniyang mga lingkod na tipunin ang mga dayuhang nakatira
sa lupain ng Israel. Itinalaga niya sila na maging mga taga-
tapyas ng bato, upang tumapyas ng mga malalaking bato,
upang maitayo ang tahanan ng Diyos. **3** Nagbigay si David
ng maraming bakal para sa mga pako sa mga pintuan
patungo sa mga daanan at para sa mga bisagra. Nagbigay
rin siya ng maraming tanso na hindi kayang timbangin, **4** at
maraming puno ng sedar na hindi mabilang. (Nagdala ng
napakaraming troso ng sedar ang mga taga-Sidon at mga
taga-Tiron na hindi kayang bilangin ni David.) **5** Sinabi ni
David, “Ang aking anak na si Solomon ay bata at wala pang
karanasan, at ang tahanan na itatayo para kay Yahweh ay
dapat na bukod-tanging kahanga-hanga, nang sa gayon

ito ay maging tanyag at maluwalhati sa lahat ng ibang
lupain. Kaya maghahanda ako para sa pagtatayo nito."
Kaya gumawa si David ng malawakang paghahanda bago
ang kaniyang kamatayan. **6** Pagkatapos ay tinawag niya
ang kaniyang anak na si Solomon at inutusan siya na
magtayo ng isang tahanan para kay Yahweh, ang Diyos ng
Israel. **7** Sinabi ni David kay Solomon, "Anak ko, hangarin
ko ito na ako mismo ang magtayo ng tahanan, para sa
pangalan ni Yahweh na aking Diyos. **8** Ngunit dumating
si Yahweh sa akin at sinabi, 'Marami ka ng pinadanak na
dugo at nakipaglaban sa maraming labanan. Hindi ikaw ang
magtatayo ng tahanan para sa aking pangalan, dahil marami
ka ng pinadanak na dugo sa mundo sa aking paningin. **9**
Gayunpaman, magkakaroon ka ng isang anak na lalaki na
magiging payapang tao. Bibigyan ko siya ng kapahingahan
mula sa lahat ng kaniyang kaaway sa bawat panig. Sapagkat
Solomon ang kaniyang magiging pangalan, at bibigyan ko
ng kapayapaan at katahimikan ang Israel sa kaniyang mga
araw. **10** Magtatayo siya ng isang tahanan para sa aking
pangalan. Magiging anak ko siya at ako ang magiging ama
niya. Itatatag ko ang trono ng kaniyang kaharian sa buong
Israel magpakailanman.' **11** "Ngayon, aking anak, samahan
ka nawa ni Yahweh at bigyan ka niya ng kakayahan upang
magtagumpay. Maitayo mo nawa ang tahanan ni Yahweh
na iyong Diyos, gaya ng sinabi niya na gagawin mo. **12**
Tanging si Yahweh nawa ang magbigay sa iyo ng kaalaman
at pang-unawa upang masunod mo ang batas ni Yahweh
na iyong Diyos, kapag inilagay ka niyang tagapamahala sa
buong Israel. **13** At magtatagumpay ka, kung maingat mong
susundin ang mga tuntunin at mga kautusan na ibinigay
ni Yahweh kay Moises para sa Israel. Maging matatag
ka at lakasan mo ang iyong loob. Huwag kang matakot
o panghinaan ng loob. **14** Ngayon, tingnan mo, buong
pagsisikap kong inihanda para sa tahanan ni Yahweh ang
100, 000 talento ng ginto, isang milyong talento ng pilak,
tanso at maraming bilang ng bakal. Nagbigay rin ako ng troso
at bato. Dapat mo pang dagdagan ang lahat ng mga ito. **15**
Mayroon kang maraming manggagawa na makakasama mo,
mga taga-tapyas ng bato, mga mason, mga karpintero at
mga mahuhusay na manggagawa ng iba't ibang mga bagay
na hindi mabilang, **16** na may kakayahang gumawa sa ginto,
pilak, tanso at bakal. Kaya simulan mo ng magtrabaho at
samahan ka nawa ni Yahweh." **17** Ipinag-utos rin ni David sa
lahat ng mga pinuno ng Israel na tulungan ang kaniyang
anak na si Solomon, sinasabi, **18** "Si Yahweh na inyong
Diyos ay kasama ninyo at binigyan kayo ng kapayapaan sa
bawat panig. Ibinigay niya sa akin ang lahat ng mga nakatira
sa rehiyon. Nasakop ni Yahweh ang rehiyon at ang mga tao
nito. **19** Ngayon hanapin ninyo si Yahweh na inyong Diyos
nang buong puso at kaluluwa. Tumayo kayo at itayo ang
banal na lugar ng Diyos na si Yahweh. At maaari na ninyong
dalhin ang kaban ng tipan ni Yahweh at ang mga bagay na
pag-aari ng Diyos sa tahanan na itinayo para sa pangalan ni
Yahweh."

**23** Nang matanda na si David at malapit na ang wakas
ng kaniyang buhay, ginawa niyang hari sa buong Israel
ang kaniyang anak na si Solomon. **2** Tinipon niya ang lahat
ng mga pinuno ng Israel, kasama ang mga pari at mga
Levita. **3** Binilang ang mga Levita na nasa tatlumpung taong
gulang at higit pa. Tatlumpu't walong libo ang bilang nila. **4**
Sa mga ito, dalawampu't apat na libo ang mangangasiwa ng
trabaho sa tahanan ni Yahweh, at anim na libo ang mga
opisyal at mga hukom. **5** Ang apat na libo ay mga taga-
bantay ng pintuan at apat na libo ang magpupuri kay Yahweh
na may mga instrumento "na ginawa ko para sa pagsamba"
sabi ni David. **6** Hinati sila ni David sa pangkat na umayon
sa mga anak na lalaki ni Levi: Gershon, Kohat at Merari. **7**
Mula sa mga angkan na nagmula kay Gershon, si Ladan at
Simei. **8** Mayroong tatlo sa mga lalaking anak ni Ladan: sina
Jehiel na pinuno, Zetam at Joel. **9** Mayroong tatlo sa mga
lalaking anak ni Simei: sina Zelomit, Haziel at Haran. Ito ang
mga pinuno ng mga angkan ni Ladan. **10** Ang apat na anak
na lalaki ni Simei: sina Jahat, Zisa, Jeus at Berias. **11** Si
Jahat ang panganay at si Zisa ang pangalawa ngunit hindi
nagkaroon ng maraming anak na lalaki sina Jeus at Beria,
kaya sila ay binilang na isang angkan na may parehong
tungkulin. **12** Ang apat na anak na lalaki ni Kohat: sina
Amram, Izar, Hebron at Uziel. **13** Ang mga anak ni Amram:
sina Aaron at Moises. Napili si Aaron at ang kaniyang kaapu-
apuhan sa isang permanenteng batayan upang ihandog
ang mga bagay na ganap na pag-aari ni Yahweh, upang
maghandog ng insenso kay Yahweh, upang maglingkod sa
kaniya, at upang magbigay ng mga pagpapala sa kaniyang
pangalan magpakailanman. **14** Tungkol naman kay Moises
na lingkod ng Diyos, ang kaniyang mga anak ay itinuring
na mga Levita. **15** Ang mga anak na lalaki ni Moises ay
sina Gershon at Eliezer. **16** Si Sebuel ang pinakamatanda
sa kaapu-apuhan ni Gershon **17** Si Rehabias ang kaapu-
apuhan ni Eliezer. Wala ng ibang anak na lalaki si Eliezer,
ngunit si Rehabias ay maraming mga kaapu-apuhan. **18** Ang
anak na lalaki ni Izar ay si Zelomit na pinuno. **19** Ang kapu-
apuhan ni Hebron ay si Jerias, ang panganay, si Amarias
ang pangalawa, si Jahaziel ang pangatlo, at si Jecamiam
ang pang-apat. **20** Ang mga anak na lalaki ni Uziel ay si
Micas na panganay, at si Isias na ikalawa. **21** Ang mga
anak na lalaki ni Merari ay sina Mahli at Musi. Sina Eleazar
at Kis ang mga anak na lalaki ni Mahli. **22** Namatay si
Eleazar na hindi nagkaroon ng mga anak na lalaki. Mayroon

lamang siyang anak na mga babae. Sila ay naging asawa
ng mga anak na lalaki ni Kis. **23** Ang tatlong mga anak na
lalaki ni Musi ay sina Mahli, Eder, at Jeremot. **24** Ito ang
mga kaapu-apuhan ni Levi ayon sa kanilang mga angkan.
Sila ang mga pinuno na binilang at nilista sa pamamagitan
ng pangalan, ng mga angkan na gumawa ng gawain ng
paglilingkod sa tahanan ni Yahweh, mula sa dalampung
taong gulang pataas. **25** Sapagkat sinabi ni David, "Si
Yahweh, na Diyos ng Israel, ay nagbigay ng kapahingahan
sa kaniyang mga tao. Ginawa niya ang kaniyang tahanan
sa Jerusalem magpakailanman. **26** Hindi na kinakailangan
pang buhatin ng mga Levita ang tabernakulo at lahat ng
kagamitang ginagamit sa paglilingkod dito. **27** Sapagkat
sa huling mga salita ni David, ang mga Levita ay binilang
mula sa gulang na dalampung taon pataas. **28** Ang kanilang
tungkulin ay upang tulungan ang kaapu-apuhan ni Aaron sa
paglilingkod sa tahanan ni Yahweh. Sila ang mangangalaga
sa mga patyo, mga silid, ang seremonya sa paglilinis ng
lahat ng mga bagay na pag-aari ni Yahweh, at iba pang
gawain sa paglilingkod sa tahanan ng Diyos. **29** Sila rin ang
mamamahala sa tinapay na handog, ang pinong harina para
sa mga handog na butil, ang manipis na tinapay na walang
pampaalsa, ang inihurnong mga handog, ang mga handog
na hinaluan ng langis, at lahat ng panukat ng dami at sukat
ng mga bagay. **30** Tumatayo rin sila tuwing umaga upang
magpasalamat at magpuri kay Yahweh. Ginagawa rin nila
ito sa gabi **31** at sa tuwing iniaalay ang mga handog na
susunugin kay Yahweh, sa Araw ng Pamamahinga at sa
pagdiriwang ng bagong buwan at mga araw ng pista. Ang
saktong bilang na itinakda sa pamamagitan ng kautusan,
ay kailangan na laging nasa harap ni Yahweh. **32** Sila ang
mamamahala sa tolda ng pagtitipon, sa banal na lugar, at
tutulungan nila ang mga katulad nilang kaapu-apuhan ni
Aaron sa paglilingkod sa tahanan ni Yahweh.

**24** Ang mga pangkat ayon sa mga kaapu-apuhan ni Aaron
ay ito: sina Nadab, Abihu, Eleazar at Itamar. **2** Sina
Nadab at Abihu ay namatay bago namatay ang kanilang
ama. Wala silang anak, kaya sina Eleazar at Itamar ay
naglingkod bilang mga pari. **3** Si David kasama si Zadok,
na anak ni Eleazar, at si Ahimelec, na anak ni Itamar ang
naghati sa kanila sa grupo para sa kanilang tungkulin bilang
pari. **4** Mas marami ang mga namumunong kalalakihan mula
sa mga kaapu-apuhan ni Eleazar kaysa sa mga kaapu-
apuhan ni Itamar, kaya hinati nila ang mga kaapu-apuhan ni
Eleazar sa labing anim na pangkat. Ginawa nila ito ayon
sa mga pinuno ng mga angkan at ayon sa mga kaapu-
apuhan ni Itamar. Ang mga pangkat na ito ay walo ang
bilang na kumakatawan sa kanilang angkan. **5** Sila ay
hinati ng walang pinapanigan sa pamamagitan ng bunutan
sapagkat naroon ang mga itinalagang tagapangasiwa at
mga tagapanguna ng Diyos mula sa mga kaapu-apuhan
ni Eleazar at mga kaapu-apuhan ni Itamar. **6** Isinulat ni
Semaias na anak ni Netanel na eskriba, na isang Levita,
ang kanilang mga pangalan sa harapan ng hari, ng mga
opisyal, ni Zadok na pari, ni Ahimelec na anak ni Abiatar, at
ng mga pinuno ng mga pari at mga Levitang pamilya. Isang
angkan ang napili sa pamamagitan ng palabunutan mula sa
mga kaapu-apuhan ni Eleazar, at ang susunod ay pipiliin sa
pamamagitan ng palabunutan mula sa mga kaapu-apuhan ni
Itamar. **7** Ang unang napili sa pamamagitan ng sapalaran ay
si Jehoiarib, ang pangalawa ay si Jedaias, **8** ang pangatlo
ay si Harim, ang pang-apat ay si Seorim, **9** ang ikalima ay si
Malaquias, ang ikaanim ay si Mijamin, **10** ang ikapito ay
si Hacos, ang ikawalo ay si Abias, **11** ang ikasiyam ay si
Jeshua, ang ikasampu ay si Secanias, **12** ang ikalabing-
isa ay si Eliasib, ang ikalabindalawa ay si Jaquim, **13** ang
ikalabintatlo ay si Jupa, ang ikalabing-apat ay si Jesebeab,
**14** ang ikalabinglima ay si Bilga, ang ikalabing-anim ay si
Imer, **15** Ang ikalabingpito ay si Hezer, ang ikalabingwalo ay
si Afses, **16** ikalabinsiyam ay si Petaya, ang ay si Hazaquiel,
**17** ang ikadalawampu't isa ay si Jaquin, ang ikadalawampu't
dalawa ay si Gamul, **18** ang ikadalawampu't tatlo ay si
Delaias, at ang ikadalawampu't apat ay si Maasias. **19** Ito
ang pagkakasunud-sunod ng kanilang paglilingkod nang
pumunta sila sa tahanan ni Yahweh, na sinusunod ang
alituntuning ibinigay sa kanila ni Aaron na kanilang ninuno,
gaya ng iniutos sa kaniya ni Yahweh, ang Diyos ng Israel.
**20** Ito ang iba pang mga kaapu-apuhan ni Levi: Kabilang sa
mga kaapu-apuhan ni Amram ay si Subael. Kabilang sa mga
kaapu-apuhan ni Subael ay si Jehedias. **21** Kabilang sa mga
kaapu-apuhan ni Amram ay si Isias. **22** Kabilang sa mga
kaapu-apuhan ni Isharita ay si Zelomot. Kabilang sa mga
kaapu-apuhan ni Zelomot ay si Jahat. **23** Kabilang sa mga
kaapu-apuhan ni Hebron ay si Jerias ang pinakamatanda,
ikalawa ay si Amarias, pangatlo ay si Jahaziel, at ang ikaapat
ay si Jecamiam. **24** Kabilang sa mga kaapu-apuhan ni Uziel
ay si Micas. Kabilang sa mga kaapu-apuhan ni Micas ay si
Samir. **25** Ang kapatid na lalaki ni Micas ay si Isias. Kabilang
si Zacarias sa mga anak ni Isias. **26** Kabilang si Mahli at
Musi sa mga kaapu-apuhan ni Merari. Kabilang si Beno sa
mga kaapu-apuhan ni Jaazias. **27** Kabilang din sina Jaazias,
Beno, Soham, Zacur at Ibri sa mga kaapu-apuhan ni Merari.
**28** Kabilang si Eleazar na walang mga anak sa mga kaapu-
apuhan ni Mahli. **29** Kabilang si Jerameel sa mga kaapu-
apuhan ni Kish. **30** Kabilang din sina Mahli, Eder at si Jerimot
sa mga kaapu-apuhan ni Musi. Ito ang mga Levita na itinala
ayon sa kanilang mga pamilya. **31** Nagsapalaran din ang
mga kalalakihang ito sa harap ng haring si David, Zadok,

Ahimelec, at mga pinuno ng mga pamilya ng mga pari at
mga Levita. Ang mga pamilya ng mga panganay na lalaki ay
nagsapalaran kasama ng mga bunso. Nagsapalaran sila
gaya ng ginawa ng mga kaapu-apuhan ni Aaron.

**25** Si David at ang mga pinuno ng manggagawa ng
tabernakulo ay pumili ng ilan sa mga anak nina
Asaf, Heman at Jeduthun para sa ilang mga gawain na
ito. Nagpahayag ng propesiya ang mga kalalakihang ito
nang may arpa, mga instrumentong may kuwerdas at mga
pompiyang. Ito ang listahan ng mga kalalakihang gumawa
ng gawaing ito: **2** Mula sa mga anak ni Asaf ay sina Zacur,
Jose, Netanias, at Asarelas, ang mga anak na lalaki ni Asaf,
sa ilalim ng pangunguna ni Asaf, na nagpapahayag sa ilalim
ng pangangasiwa ng hari. **3** Mula naman sa mga anak na
lalaki ni Jeduthun ay: sina Gedalias, Zeri, Jesaias, Simei,
Hashabias at Matitias, anim sa kabuuang bilang, sa ilalim
ng pangunguna ng kanilang amang si Jeduthun, na siyang
tumugtog ng arpa para sa pagpapasalamat at pagpupuri kay
Yahweh. **4** Mula sa mga anak ni Heman ay: sina Bukias,
Matanias, Uziel, Sebuel, Jerimot, Hananias, Hanani, Eliata,
Gedalti, Ramamti-ezer, Josbecasa, Maloti, Hotir at Mahaziot.
**5** Lahat sila ay mga anak ni Heman na propeta ng hari.
Binigyan ng Diyos si Heman ng labing-apat na anak na lalaki
at tatlong anak na babae upang siya ay parangalan. **6** Lahat
sila ay nasa patnubay ng kanilang mga ama. Sila ay mga
musikero sa tahanan ni Yahweh, na may mga pompiyang at
instrumentong may kuwerdas habang sila ay naglilingkod sa
tahanan ng Diyos. Sina Asaf, Jeduthun at Heman ay nasa
ilalim ng pangangasiwa ng hari. **7** Sila at ang kanilang mga
kapatid na mahusay at bihasa upang bumuo ng musika para
kay Yahweh ay may bilang na 288. **8** Sila ay nagsapalaran
para sa kanilang mga tungkulin, pantay-pantay ang lahat,
ang nakababata maging ang matatanda, ang guro maging
ang mag-aaral. **9** Ngayon tungkol sa mga anak na lalaki ni
Asaf: ang unang napili sa pamamagitan ng palabunutan
ay napunta sa pamilya ni Jose, ang ikalawa ay napunta sa
pamilya ni Gedalia, labindalawang katao ang bilang. **10** Ang
ikatlo ay napunta kay Zacur, sa kaniyang mga anak at mga
kamag-anak, labindalawang bilang ng tao. **11** Ang ikaapat ay
napunta kay Izri, sa kaniyang mga anak at ang kaniyang
kamag-anak, labindalawang bilang ng tao. **12** Ang ikalima
ay napunta kay Netanias, sa kaniyang mga anak at mga
kamag-anak, labindalawang bilang ng tao. **13** Ang ikaanim ay
napunta kay Bukias, sa kaniyang mga anak na lalaki at mga
kamag-anak, labindalawang bilang ng tao. **14** Ang ikapito ay
kay Jesharelah, sa kaniyang mga anak na lalaki at mga
kamag-anak, labindalawang bilang ng tao. **15** Ang ikawalo
ay pumunta kay Jesaias, sa kaniyang mga anak na lalaki
at mga kamag-anak, labindalawang bilang ng tao. **16** Ang
ikasiyam ay napunta kay Matitias, sa kaniyang mga anak na
lalaki at mga kamag-anak, labindalawang bilang ng tao. **17**
Ang ikasampu ay napunta kay Simei, sa kaniyang mga anak
na lalaki at mga kamag-anak, labindalawang bilang ng tao.
**18** Ang ikalabing-isa ay napunta kay Azarel, sa kaniyang
mga anak na lalaki at mga kamag-anak, labindalawang
bilang ng tao. **19** Ang ikalabindalawa ay napunta kay
Hashabias, sa kaniyang mga anak na lalaki at mga kamag-
anak, labindalawang bilang ng tao. **20** Ang ikalabintatlo
ay napunta kay Subael, sa kaniyang mga anak na lalaki
at mga kamag-anak, labindalawang bilang ng tao. **21** Ang
ikalabing-apat ay napunta kay Matitias, ang kaniyang mga
anak na lalaki at mga kamag-anak, labindalawang bilang
ng tao. **22** Ang ikalabinlima ay kay Jeremot, sa kaniyang
mga anak na lalaki at mga kamag-anak, labindalawang
bilang ng tao. **23** Ang ikalabing-anim ay napunta kay
Hananias, sa kaniyang mga anak na lalaki at mga kamag-
anak, labindalawang bilang ng tao. **24** Ang ikalabingpito ay
napunta kay Josbecasa, sa kaniyang mga anak na lalaki
at mga kamag-anak, labindalawang bilang ng tao. **25** Ang
ikalabingwalo ay napunta kay Hanani, sa kaniyang mga anak
na lalaki at mga kamag-anak, labindalawang bilang ng tao.
**26** Ang ikalabingsiyam ay kay Maloti, sa kaniyang mga anak
na lalaki at mga kamag-anak, labindalawang bilang ng tao.
**27** Ang ikadalawampu ay napunta kay Eliata, sa kaniyang
mga anak na lalaki at mga kamag-anak, labindalawang
bilang ng tao. **28** Ang ikadalawampu't isa ay napunta kay
Hotir, sa kaniyang mga anak na lalaki at mga kamag-anak,
labindalawang bilang ng tao. **29** Ang ikadalawampu't dalawa
ay napunta kay Gidalti, sa kaniyang mga anak na lalaki
at mga kamag-anak, labindalawang bilang ng tao. **30** Ang
ikadalawampu't tatlo ay kay Mahaziot, sa kaniyang mga
anak na lalaki at mga kamag-anak, labindalawang bilang ng
tao. **31** Ang ikadalawampu't apat ay pumunta kay Romamti-
Ezer, sa kaniyang mga anak na lalaki at mga kamag-anak,
labindalawang bilang ng tao.

**26** Ito ang pagkakahati-hati ng mga pangkat ng mga
nagbabantay ng tarangkahan: Mula sa angkan ni
Korah, si Meselemias na anak ni Korah, kaapu-apuhan ni
Asaf. **2** Mayroong mga anak na lalaki si Meselemias: si
Zacarias ang panganay, si Jediael ang ikalawa, si Zebadias
ang ikatlo, si Jatniel ang ikaapat, **3** si Elam ang ikalima,
si Jehohanan ang ikaanim, si Eliehoenai ang ikapito. **4**
May mga anak na lalaki si Obed Edom: Si Semaias ang
panganay, si Jehozabad ang ikalawa, si Joa ang ikatlo, at si
Sacar ang ikaapat, at si Natanel ang ikalima, **5** si Amiel
ang ikaanim, si Isacar ang ikapito, si Peulletai ang ikawalo,
sapagkat pinagpala ng Diyos si Obed Edom. **6** Si Semaias,
na kaniyang anak ay nagkaroon ng mga anak na lalaki na

namumuno sa kani-kanilang mga pamilya. Sila ang mga
kalalakihang marami ang kakayahan. 7 Ang mga anak na
lalaki ni Semaias ay sina Otni, Refael, Obed at Elzabad. Ang
mga kamag-anak niya na sina Elihu at Semaquias ay mga
kalalakihang may mga kakayahan rin. 8 Lahat sila ay mga
kaapu-apuhan ni Obed-edom. Sila at ang kanilang mga anak
at mga kamag-anak ay may kakayahang gawin ang kanilang
mga tungkulin sa paglilingkod sa loob ng tabernakulo.
Ang animnapu't dalawa sa kanila ay mga kamag-anak ni
Obed-edom. 9 Si Meselemias ay may mga lalaking anak
at kamag-anak, mga lalaking may kakayahan, labingwalo
silang lahat. 10 Si Hosa, na kaapu-apuhan ni Merari, ay
may mga anak na lalaki: si Simri ang pinuno (ginawa siyang
pinuno ng kaniyang ama kahit hindi siya ang panganay), 11
si Hilkias ang ikalawa, si Tebalias ang ikatlo, at si Zacarias
ang ikaapat. Lahat ng mga anak ni Hosa at mga kamag-
anak ay labintatlo ang bilang. 12 Ang pagkakapangkat-
pangkat na ito ng mga tagapagbantay ng tarangkahan, na
ayon sa kanilang mga pinuno ay may mga tungkulin na
tulad ng kanilang mga kamag-anak, upang maglingkod sa
tahanan ni Yahweh. 13 Nagpalabunutan sila, maging bata at
matanda, ayon sa kanilang mga pamilya, para sa bawat
tarangkahan. 14 Nang nagpalabunutan sila para sa silangang
tarangkahan, napunta ito kay Selemias. Pagkatapos ay
nagpalabunutan uli sila para sa anak niyang si Zacarias,
isang matalinong tagapagpayo, at napunta sa kaniya ang
hilagang tarangkahan. 15 Kay Obed-edom itinalaga ang
tarangkahan sa timog, at itinalaga sa kaniyang mga anak
ang mga bahay-imbakan. 16 Itinalaga kina Supim at Hosa
ang kanlurang tarangkahan pati na rin ang tarangkahan ng
Sallequet, na nasa daang paakyat. Itinakda ang pagbabantay
para sa bawat pamilya. 17 Sa bandang silangan ay may anim
na Levita, sa hilaga ay may apat sa isang araw, sa timog ay
may apat sa isang araw at dalawang pares sa mga bahay-
imbakan. 18 Sa kanlurang patyo ay may apat na nakabantay,
may apat din sa daanan, at may dalawa sa patyo. 19 Ito
ang mga pagkakapangkat-pangkat ng mga nagbabantay
ng tarangkahan. Marami sa kanila ay mga kaapu-apuhan
nina Korah at Merari. 20 Sa mga Levita, si Ahias ang taga-
pangasiwa ng mga kayamanan sa tahanan ng Diyos, at ang
mga bagay na kayamanan na pag-aari ni Yahweh. 21 Ang
mga kaapu-apuhan ni Ladan na nagmula kay Gershon at
mga pinuno ng mga pamilya ni Ladan na Gersonita, ay sina
Jehiel at ang kaniyang mga anak, 22 si Zetam, at si Joel na
kaniyang kapatid, na nangangasiwa sa mga bahay-imbakan
sa tahanan ni Yahweh. 23 May mga bantay din na kinuha
mula sa mga angkan nina Amram, Ishar, Hebron, at Uzziel.
24 Si Sebuel na anak ni Gershon na anak ni Moises ang
nangangangasiwa ng mga bahay-imbakan. 25 Ang kaniyang
mga kamag-anak mula sa angkan ni Eliezer ay ang anak
niyang si Rehabias, ang anak na lalaki ni Rehabias na si
Jesaias, ang anak na lalaki ni Jesaias na si Joram, ang anak
na lalaki ni Joram na si Zicri, at ang anak na lalaki naman ni
Zicri na si Selomit. 26 Sina Selomit at ang kaniyang mga
kamag-anak ang namamahala sa lahat ng mga bahay-
imbakan kung saan nakatago ang mga bagay na pag-aari ni
Yahweh, na inilaan ni Haring David, ng mga pinuno ng mga
pamilya, ng mga pinuno ng libo-libo at daan-daan, at ng
mga pinuno ng mga hukbo kay Yahweh. 27 Inilaan nila ang
ilan sa mga nasamsam sa labanan para sa pagpapaayos
ng tahanan ni Yahweh. 28 Nangangasiwa rin sila sa lahat
ng mga bagay na inilaan ni propeta Samuel kay Yahweh,
mga bagay na inilaan ni Saul na anak ni Kish, ni Abner
na anak ni Ner, at ni Joab na anak ni Zeruias. Ang lahat
ng mga inilaan kay Yahweh ay nasa ilalim ng pag-iingat ni
Selomit at ng kaniyang mga kamag-anak. 29 Sa mga kaapu-
apuhan ni Ishar, si Kenanias at ang kaniyang mga anak ang
tagapamahala sa mga gawain sa labas ng Israel. Sila ang
mga opisyal at mga hukom. 30 Sa mga kaapu-apuhan ni
Hebron, sina Hashabaias at ang kaniyang mga kapatid, 1,
700 na kalalakihang may kakayahan, ang tagapamahala sa
gawain para kay Yahweh at sa mga gawaing para sa Hari.
Sila ay nasa kanlurang bahagi ng Jordan. 31 Mula sa mga
kaapu-apuhan ni Hebron, si Jerijas ang pinuno ng kaniyang
mga kaapu-apuhan, na kabilang sa listahan ng kanilang
mga pamilya. Sa ika-apatnapung taon ng paghahari ni David
sinaliksik nila ang mga talaan at natagpuan nilang may mga
mahuhusay na kalalakihan sa kanila sa Jazer ng Gilead. 32
Si Jerijas ay may 2, 700 na kamag-anak, na mga pinuno ng
pamilya. Ginawa sila ni David na tagapangasiwa sa tribo ni
Ruben at Gad at sa kalahating tribo ni Manases, para sa
lahat ng bagay na may kinalaman sa Diyos at sa Hari.

**27** Ito ang talaan ng mga pinuno ng pamilya ng mga
Israelita, mga pinuno ng libo-libo at daan-daan, gayun
din ang mga pinuno ng hukbo na naglilingkod sa hari
sa iba't ibang paraan. Bawat pangkat ng mga hukbo ay
naglilingkod sa bawat buwan sa buong taon. Sa bawat
pangkat ay mayroong 24, 000 na mga kalalakihan. 2 Ang
namahala sa pangkat ng unang buwan ay si Jasobeam na
anak ni Zabdiel. Sa kaniyang pangkat ay mayroong 24,
000 kalalakihan. 3 Kabilang siya sa mga kaapu-apuhan ni
Peres at nangangasiwa sa lahat ng mga opisyal ng hukbo
para sa unang buwan. 4 Ang namamahala sa pangkat sa
ikalawang buwan ay si Dodai, mula sa angkan na nagmula
sa mga kaapu-apuhan ni Aho. Si Miclot ang nasa ikalawang
tungkulin. Sa kaniyang pangkat ay may 24, 000 kalalakihan.
5 Ang pinuno ng hukbo para sa ikatlong buwan ay si Benaias,
na anak ni Joiada, na pari at pinuno. Sa kaniyang pangkat

ay may 24, 000 kalalakihan. 6 Ang Benaias na ito ang
siyang pinuno ng tatlumpo at namamahala sa tatlumpo. Si
Amizabad na kaniyang anak ay nasa kaniyang pangkat. 7
Ang pinuno ng mga kawal para sa ikaapat na buwan ay
si Asahel na kapatid ni Joab. Ang kaniyang anak na si
Zebadias ang naging pinuno ng mga kawal pagkatapos
niya. Sa kaniyang pangkat ay may 24, 000 kalalakihan. 8
Ang pinuno ng mga kawal para sa ikalimang buwan ay si
Samhut, isa sa mga kaapu-apuhan ni Ishar. Sa kaniyang
pangkat ay may 24, 000 kalalakihan. 9 Ang pinuno ng mga
kawal para sa ikaanim na buwan ay si Ira na mula sa Tekoa
na anak ni Ikes. Sa kaniyang pangkat ay may 24, 000
kalalakihan. 10 Ang pinuno ng mga kawal para sa ikapitong
buwan ay si Helez na Pelonita, mula sa mga tao ng Efraim.
Sa kaniyang pangkat ay may 24, 000 kalalakihan. 11 Ang
pinuno ng mga kawal para sa ikawalong buwan ay si Sibecai
na Husatita mula sa angkan ng Zera. Sa kaniyang pangkat
ay may 24, 000 kalalakihan. 12 Ang pinuno ng mga kawal
para sa ikasiyam na buwan ay si Abiezer na Anathothita,
mula sa tribo ni Benjamin. Sa kaniyang pangkat ay may
24, 000 mga kalalakihan. 13 Ang pinuno ng mg kawal para
sa ikasampung buwan ay si Maharai mula sa lungsod ng
Netofa mula sa angkan ni Zera. Sa kaniyang pangkat ay
may 24, 000 kalalakihan. 14 Ang pinuno ng mga kawal para
sa ikalabing isang buwan ay si Benaias mula sa lungsod ng
Piraton, mula sa tribo ni Efraim. Sa kaniyang pangkat ay
may 24, 000 kalalakihan. 15 Ang pinuno ng mga kawal para
sa ikalabing dalawang buwan ay si Heldai na mula sa Netofa
mula sa angkan ni Otniel. Sa kaniyang pangkat ay may 24,
000 kalalakihan. 16 Ito ang mga pinuno ng mga tribo ng
Israel: Para sa tribo ni Ruben, si Eliezer na anak ni Zicri
ang pinuno. Para sa tribo ni Simeon, si Sefatias na anak ni
Maaca ang pinuno. 17 Para sa tribo ni Levi, si Hashabias na
anak ni Kemuel ang pinuno at pinangunahan ni Zadok ang
mga kaapu-apuhan ni Aaron. 18 Para sa tribo ni Juda, si
Elihu na isa sa mga kapatid ni David ang pinuno. Para sa
tribo ni Isacar, si Omri na anak ni Micael ang pinuno. 19
Para sa tribo ni Zebulun, si Ismaias na anak ni Obadias ang
pinuno. Para sa tribo ni Neftali, si Jerimot na anak ni Azriel
ang pinuno. 20 Para sa tribo ni Efraim, si Hosea na anak ni
Azarias ang pinuno. Para sa kalahating tribo ni Manases, si
Joel na anak ni Pedaias ang pinuno. 21 Para sa kalahating
tribo ni Manases na nasa Gilead, si Iddo na anak ni Zacarias
ang pinuno. Para sa tribo ni Benjamin, si Jaasiel na anak ni
Abner ang pinuno. 22 Para sa tribo ni Dan, si Azarel na
anak ni Jeroham ang pinuno. Ito ang mga pinuno ng mga
tribo ng Israel. 23 Hindi binilang ni David ang mga may
gulang na dalawampu o mas bata pa, sapagkat nangako
si Yahweh na pararamihin niya ang Israel gaya ng mga
bituin sa langit. 24 Sinimulang bilangin ni Joab na anak ni
Zeruias ang mga kalalakihan, ngunit hindi niya natapos.
Dumating sa Israel ang galit dahil dito. Hindi naisulat ang
bilang na ito sa Kasaysayan ni Haring David. 25 Si Azmavet
na anak ni Abdiel ang namahala sa kaban ng yaman ng
hari. Si Jonatan na anak ni Uzias ang namahala sa mga
bahay-imbakan sa bukid, sa lungsod, at sa mga nayon at sa
mga pinatibay na mga tore. 26 Si Ezri na anak ni Kelub ang
namahala sa mga magsasakang nag-aararo ng lupa. 27 Si
Simei na mula sa Rama ang namahala ng mga ubasan, at
Si Zabdi na mula sa Sephan ang namahala ng mga ubas at
ang mga imbakan ng alak. 28 Si Baal Hahan na mula sa
Geder ang namahala sa mga punong olibo at mga puno ng
sicamoro na nasa mga mabababang lugar, at si Joas ang
namahala sa mga imbakan ng langis. 29 Pinamahalaan ni
Sitrai na mula sa Saron ang mga kawan na pinapastulan
sa Saron, at pinamahalaan ni Safat na anak ni Adlai ang
mga kawan na nasa mga lambak. 30 Sa mga kamelyo, si
Obil na Ismaelita ang namahala, at si Jedeias na mula sa
Meronot ang namahala sa mga babaeng asno. Si Jaziz na
Hagrita ang namahala sa mga kawan. 31 Lahat ng ito ay
mga tagapamahala ng mga pag-aari ni Haring David. 32 Si
Jonatan na tiyo ni David, ay isang tagapayo, sapagkat isa
siyang marunong na tao at isang eskriba. Si Jehiel na anak
ni Hacmoni ang nangalaga sa mga anak na lalaki ng hari. 33
Si Ahitofel ang tagapayo ng hari, at si Husai na mula sa mga
tao ng Arkita ay sariling taga-payo ng hari. 34 Kinuha ni
Joiada na anak ni Benaias at ni Abiatar ang tungkulin ni
Ahitofel. Si Joab ang pinuno ng hukbo ng mga kawal ng
hari.

**28** Pinulong ni David ang lahat ng mga pinuno sa Israel
at Jerusalem: ang mga pinuno ng mga tribo, ang
mga pinuno ng bawat pangkat na naglilingkod sa hari sa
itinakdang panahon ng kanilang gawain, mga pinuno ng
libo-libo at daan-daang mga kawal, ang mga namamahala
sa lahat ng mga pag-aari at mga ari-arian ng hari at ng
kaniyang mga anak na lalaki, at ang mga pinuno at mga
mandirigmang lalaki, kabilang ang mga pinakadalubhasa
sa kanila. 2 Pagkatapos tumayo si haring David at sinabi,
“Makinig kayo sa akin, mga kapatid at mga mamamayan.
Layunin kong magtayo ng isang templo para sa kaban ng
tipan ni Yahweh; isang tungtungan ng paa ng ating Diyos,
at nakapaghanda na ako sa pagpapatayo nito. 3 Ngunit
sinabi ng Diyos sa akin, 'Hindi ka magtatayo ng isang templo
para sa aking pangalan, sapagkat ikaw ay isang mandirigma
at nagpadanak ng dugo.' 4 Ngunit si Yahweh na Diyos ng
Israel, pinili niya ako sa lahat ng pamilya ng aking ama na
maging hari sa Israel magpakailanman. Pinili niya ang tribo
ni Juda bilang pinuno. Sa tribo ng Juda at sa sambahayan

ng aking ama, sa lahat ng lalaking anak ng aking ama, ako
ang pinili niya na maging hari sa buong Israel. 5 Mula sa
maraming anak na ibinigay ni Yahweh sa akin, pinili niya si
Solomon, na aking anak, na maupo sa trono ng kaharian ni
Yahweh sa buong Israel. 6 Sinabi niya sa akin, 'Ang anak
mong si Solomon ang magtatayo ng aking tahanan at ng
aking mga patyo, sapagkat pinili ko siya upang maging anak
ko at ako ang magiging ama niya. 7 Itatatag ko ang kaniyang
kaharian magpakailanman kung mananatili siyang matapat
sa pagsunod sa aking mga kautusan at mga utos, katulad
mo sa araw na ito.' 8 Kaya ngayon, sa harap ng buong Israel,
at ng kapulungang ito para kay Yahweh at sa harapan ng
ating Diyos, kailangan na ingatan at sikapin ninyong isagawa
ang lahat ng kautusan ni Yahweh na inyong Diyos. Gawin
ninyo ito upang makamtan ninyo ang mabuting lupaing ito
at maipamana magpakailanman sa inyong mga anak na
susunod sa inyo. 9 At ikaw naman Solomon na aking anak,
sundin mo ang Diyos ng iyong ama, at paglingkuran mo siya
ng buong puso at may isang espiritu na may pagkukusa.
Gawin ito sapagkat sinisiyasat ni Yahweh ang lahat ng puso
at nauunawaan ang bawat pag-uudyok ng kaisipan ng bawat
isa. Kung hahanapin mo siya, matatagpuan mo siya, ngunit
kung iiwan mo siya, itatakwil ka niya magpakilanman. 10
Isipin mo na pinili ka ni Yahweh na magtayo ng templong
ito bilang kaniyang santuwaryo. Magpakatatag ka at gawin
ito." 11 Pagkatapos nito ibinigay ni David kay Solomon na
kaniyang anak ang plano para sa portiko ng templo, ng mga
gusali ng templo, ng mga silid imbakan, ng mga silid na nasa
itaas, ng mga silid sa loob, at ang silid kung saan ilalagay
ang takip ng luklukan ng awa. 12 Ibinigay niya ang plano
na kaniyang iginuhit para sa patyo ng bahay ni Yahweh,
ang lahat ng nakapalibot na mga silid, ang silid imbakan
sa tahanan ng Diyos, at ang mga kabang-yaman na pag-
aari ni Yahweh. 13 Ibinigay niya ang mga tuntunin para sa
mga gawain ng bawat pangkat ng mga pari at mga Levita,
para sa mga itinalagang responsibilidad para sa paglilingkod
sa tahanan ni Yahweh, at para sa lahat ng mga bagay sa
paglilingkod sa tahanan ni Yahweh. 14 Ibinigay niya ang
timbang ng lahat ng sisidlang ginto, at ng lahat ng sisidlang
pilak, at ng lahat ng mga bagay na kailangan para sa bawat
uri ng paglilingkod. 15 Ibinigay ang mga detalye ng mga ito,
ang timbang, kabilang ang detalye para sa mga ilawang
ginto at para sa mga gintong patungan ng mga ito, ang mga
detalye ng timbang ng bawat isa nito, pati na ang patungang
pilak at ang mga detalye para sa tamang paggamit sa bawat
patungan ng mga ilawan. 16 Ibinigay niya ang timbang ng
mga ginto para sa mga lamesa ng tinapay na handog, para
sa bawat lamesa, at ang timbang ng pilak para sa mga
lamesang pilak. 17 Ibinigay niya ang timbang ng purong
ginto para sa mga panusok ng karne, mga palanggana, at
mga tasa. Ibinigay niya ang timbang para sa bawat gintong
mangkok, at ang timbang ng bawat pilak na mangkok. 18
Ibinigay niya ang timbang ng pinong ginto para sa altar ng
insenso, at ng ginto para sa disenyo ng mga kerubin na
nakabuka ang kanilang mga pakpak at tumatakip sa kaban
ng tipan ni Yahweh. 19 Sinabi ni David, "Isinulat ko ang mga
ito habang pinapatnubayan ako ni Yahweh at ipinaunawa sa
akin ang tungkol sa mga disenyo." 20 Sinabi ni David kay
Solomon na kaniyang anak, "Magpakatatag ka at maging
matapang. Gawin mo ang gawain. Huwag kang matakot o
mabalisa, sapagkat si Yahweh na Diyos na aking Diyos ay
kasama mo. Hindi ka niya iiwan o pababayaan hanggang sa
matapos ang lahat ng gawain para sa paglilingkod sa templo
ni Yahweh. 21 Tingnan mo, narito ang mga pangkat ng mga
pari at mga Levita para sa lahat ng paglilingkod sa templo
ng Diyos. Makakasama mo sila, kasama ng lahat ng mga
kalalakihang bihasang at may kusang loob upang tulungan
ka sa gawain at upang gampanan ang paglilingkod. Ang
mga opisyal at ang lahat ng mga tao ay handang sumunod
sa iyong mga utos."

**29** Sinabi ni Haring David sa buong kapulungan, "Si
Solomon na aking anak, na tanging pinili ng Diyos
ay bata pa at walang karanasan at malaki ang gawain.
Sapagkat hindi para sa mga tao ang templo ngunit para kay
Yahweh na Diyos. 2 Kaya ginawa ko ang lahat ng aking
makakaya na magbigay para sa templo ng aking Diyos.
Ibibigay ko ang ginto para sa mga bagay na gagawin sa
ginto, pilak para sa mga bagay na gagawin sa pilak, tanso
para sa mga bagay na gagawin sa tanso, bakal para sa
mga bagay na gagawin sa bakal, at kahoy para sa mga
bagay na gagawin sa kahoy, Ibinibigay ko rin ang batong
onix, mga batong dapat ilagay, mga bato para ilagay sa
disenyo na may iba't ibang kulay— ang lahat ng uri ng mga
mamahaling bato— at maraming mga batong marmol. 3
Ngayon, dahil sa aking kagalakan sa tahanan ng aking
Diyos, ibinibigay ko ang aking sariling mga kayamanang
ginto at pilak para rito. Ginagawa ko ang ito na karagdagan
sa lahat ng aking inihanda para sa banal na templo: 4
tatlong libong talentong ginto mula sa Ofir, at pitong libong
talento na pinong pilak upang ilagay sa mga dingding ng
mga gusali. 5 Ipinagkakaloob ko ang mga ginto para sa mga
bagay na gagawin sa ginto, at pilak para sa mga bagay
na gagawin sa pilak, at mga bagay para sa lahat ng uri ng
gawain na gagawin ng mga mahuhusay na manggagawa.
Sino pa ang nais magbigay kay Yahweh ngayon at ibigay
ang kaniyang sarili sa kaniya?" 6 Pagkatapos nagbigay ng
kusang-loob na handog ang mga pinuno ng mga pamilya
ng kanilang mga ninuno, ang mga pinuno ng mga tribo sa

Israel, ang mga pinuno ng libo-libo at daan-daang mga kawal
at ang mga opisyal sa mga gawain ng hari. **7** Nagbigay sila
para sa paglilingkod sa tahanan ng Diyos ng limang libong
talento at sampung libong dariko na ginto, sampung libong
talento ng pilak, labing walong libong talento ng pilak, at
100, 000 talento ng bakal. **8** Ang mga may mahahalagang
bato ay nagbigay sa kabang-yaman sa tahanan ni Yahweh,
sa ilalim ng pamamahala ni Jehiel, isang kaapu-apuhan ni
Gershon. **9** Nagalak ang mga tao dahil sa mga kusang-loob
na handog na ito, sapagkat buong puso silang nagbigay kay
Yahweh. Labis ding nagalak si Haring David. **10** Pinapurihan
ni David si Yahweh sa harapan ng lahat ng kapulungan.
Sinabi niya, “Papurihan ka nawa, Yahweh, ang Diyos ni Israel
na aming ninuno, magpakailanman. **11** Sa iyo, Yahweh,
ang kadakilaan, ang kapangyarihan, ang kaluwalhatian, ang
katagumpayan, at ang karangalan. Sapagkat sa iyo ang lahat
ng nasa langit at nasa lupa. Sa iyo ang kaharian, Yahweh, at
ikaw ang itinataas bilang tagapamuno ng lahat. **12** Nagmula
sa iyo ang kayamanan at karangalan, at namumuno ka sa
lahat ng mga tao. Nasa iyong kamay ang kapangyarihan at
kalakasan. Taglay mo ang lakas at kalakasan na gawing
dakila ang mga tao at magbigay ng lakas sa sinuman. **13**
At ngayon, aming Diyos, pinasasalamatan ka namin at
pinapupurihan ang iyong maluwalhating pangalan. **14** Ngunit
sino ako, at sino ang aking mga tao, upang maghandog
nang kusa ng mga bagay na ito? Totoong galing sa iyo ang
lahat ng mga bagay at ibinabalik lamang namin sa iyo kung
ano ang sa iyo. **15** Sapagkat kami ay mga dayuhan at mga
manlalakbay sa iyong harapan, tulad ng aming mga ninuno.
Tulad ng isang anino ang aming mga araw sa mundo at
walang pag-asa na manatili sa mundo. **16** Yahweh na aming
Diyos, ang lahat ng mga kayamanang ito na aming tinipon
upang magtayo ng isang templo upang parangalan ang iyong
banal na pangalan—nagmula ang mga ito sa iyo at pag-
aari mo. **17** Alam ko rin, aking Diyos, na iyong sinusuri ang
puso at nalulugod sa katuwiran. Para sa akin, sa katapatan
ng aking puso, kusang-loob kong inihandog ang lahat ng
mga bagay na ito at nagagalak akong tumitingin sa iyong
mga tao na narito na kusang-loob na naghahandog sa iyo.
**18** Yahweh, ang Diyos nina Abraham, Isaac, at Israel—na
aming mga ninuno—panatilihin ito magpakailanman sa mga
kaisipan ng iyong mga tao. Ituon ang kanilang mga puso
sa iyo. **19** Bigyan mo si Solomon na aking anak ng buong
pusong pagnanais na sundin ang iyong mga kautusan, ang
iyong mga utos sa kasunduan, at ang iyong mga tuntunin,
at isagawa ang lahat ng mga planong ito na itayo ang
palasyo na aking ipinaghanda. **20** Sinabi ni David sa lahat
ng kapulungan, “Papurihan ngayon si Yahweh na inyong
Diyos.” Nagpuri ang lahat ng kapulungan kay Yahweh, ang
Diyos ng kanilang mga ninuno, iniyukod ang kanilang mga
ulo at sumamba kay Yahweh at nagpatirapa sila sa harapan
ng hari. **21** Kinabukasan, naghain sila ng mga handog
kay Yahweh at mga handog na susunugin para sa kaniya.
Naghandog sila ng isang libong toro, isang libong lalaking
tupa, at isang libong kordero, kabilang ang mga handog
na inumin at mga hain na masagana para sa buong Israel.
**22** Sa araw na iyon, kumain sila at uminom sa harapan ni
Yahweh na may malaking pagdiriwang. Ginawa nilang hari
sa ikalawang pagkakataon si Solomon, na anak ni David,
at hinirang siya sa kapangyarihan ni Yahweh na maging
pinuno. Hinirang din nila si Zadok na maging pari. **23** At
umupo si Solomon sa trono ni Yahweh bilang hari sa halip na
si David na kaniyang ama. Pinagpala siya, at sinunod siya
ng buong Israel. **24** Nagpahayag ng katapatan ang lahat ng
mga pinuno, mga kawal, at ang lahat ng mga anak ni David
kay Haring Solomon. **25** Lubos na pinarangalan ni Yahweh si
Solomon sa harap ng buong Israel at ipinagkaloob sa kaniya
ang kapangyarihang higit kaysa sa mga ibinigay niya sa
sinumang hari ng Israel. **26** Naghari si David na anak ni Jesse
sa buong Israel. **27** Naging hari si David sa Israel sa loob ng
apatnapung taon. Namuno siya ng pitong taon sa Hebron at
tatlumpu't tatlong taon sa Jerusalem. **28** Namatay siya na
nasa tamang katandaan, pagkatapos niyang tinamasa ang
mahabang buhay, kayamanan at karangalan. Si Solomon na
kaniyang anak ang pumalit sa kaniya. **29** Nakasulat ang
mga nagawa ni Haring David sa kasaysayan ni Samuel
na propeta, sa kasaysayan ni Natan na propeta, at sa
kasaysayan ni Gad na propeta. **30** Nakatala roon ang mga
ginawa niya sa kaniyang pamumuno, ang kaniyang nagawa
at ang mga pangyayari na nakaapekto sa kaniya, sa Israel,
at sa lahat ng mga kaharian sa ibang lupain.

# 2 Mga Cronica

**1** Si Solomon na anak ni David ay naging matatag sa
kaniyang pamumuno, at si Yahweh na kaniyang Diyos
ay kasama niya at ginawa siyang makapangyarihan. **2** At
nagsalita si Solomon sa buong Israel at sa mga pinunong
kawal ng libu-libo at sa daan-daan at sa mga hukom at sa
bawat prinsipe sa buong Israel, sa mga pinuno ng mga ama
ng tahanan. **3** Kaya si Solomon at ang buong kapulungang
kasama niya ay pumunta sa dambana na nasa Gibeon;
dahil naroon ang toldang tipanan ng Diyos na ginawa ni
Moises na lingkod ni Yahweh sa ilang. **4** Ngunit dinala ni
David ang kaban ng Diyos mula sa Chiriath Jearim sa lugar
na kaniyang inihanda para rito sapagkat nagtayo siya ng
tolda para dito sa Jerusalem. **5** Sa karagdagan, ang altar na
tanso na ginawa ni Besalel na anak ni Uri na anak ni Hur
ay nasa harapan ng tabernakulo ni Yahweh; pumanta roon
sina Solomon at ang kapulungan. **6** Pumunta si Solomon
doon sa altar na tanso sa harapan ni Yahweh, na naroon sa
toldang tipanan at naghandog dito ng isang libong sinunog
na mga alay. **7** Nagpakita ang Diyos kay Solomon ng gabing
iyon at sinabi sa kaniya, “Humiling ka! Ano ang dapat kong
ibigay sa iyo?” **8** Sinabi ni Solomon sa Diyos, “Nagpakita ka
ng dakilang katapatan sa tipan kay David na aking ama at
ginawa mo akong hari na kahalili niya. **9** Ngayon, Yahweh
na Diyos, isakatuparan mo ang iyong pangako kay David
na aking ama, dahil ginawa mo akong hari sa mga tao
na ang bilang ay kasing dami ng mga alikabok sa lupa.
**10** Ngayon bigyan mo ako ng karunungan at kaalaman
upang mapamunuan ko ang mga taong ito, sapagkat sino
ba ang huhukom sa iyong mga tao na napakarami ang
bilang?” **11** Sinabi ng Diyos kay Solomon, “Dahil ito ang
nasa iyong puso at dahil hindi ka humiling ng mga yaman,
kayamanan o karangalan at hindi mo hiningi ang buhay ng
mga may galit sa iyo, o mahabang buhay para sa iyong
sarili—ngunit dahil humiling ka ng karunungan at kaalaman
para sa iyong sarili, upang mapamunuan mo ang aking
mga tao kung saan kita ginawang hari— **12** Ibinibigay
ko sa iyo ngayon ang karunungan at kaalaman; bibigyan
din kita ng yaman, kayamanan, karangalan, higit pa sa
nakamtan ng sinumang mga hari na nauna sa iyo at higit
pa sa makakamtan ng sinuman na susunod sa iyo.” **13** At
bumalik si Solomon sa Jerusalem mula sa dambana na nasa
Gibeon, mula sa harapan ng toldang tipanan; naghari siya
sa buong Israel. **14** Nagtipon si Solomon ng mga karwahe
at mangangabayo: at nagkaroon siya ng 1, 400 na mga
karwahe at labindalawang libong mangangabayo na inilagay
niya sa lungsod na pinag-iimbakan ng mga karwahe, at sa
kaniya rin, na hari ng Jerusalem. **15** Ginawa ng hari ang
pilak at ginto na pangkaraniwan sa Jerusalem na parang
mga bato at ginawa niyang pangkaraniwan ang sedar na
kahoy tulad ng mga puno ng sikamorong nasa mababang
mga lupain. **16** Sa pag-aangkat ng mga kabayo mula sa
Ehipto at Cilicia para kay Solomon, binili ng kaniyang mga
mangangalakal ang mga ito mula sa Cilicia sa mataas na
halaga. **17** Nag-angkat sila ng karwahe mula sa Ehipto sa
halagang anim na raang siklong pilak at kabayo sa halagang
150 siklo. Iniluluwas din nila ang mga ito sa mga hari ng
Heteo at sa mga Arameo.

**2** Ngayon, iniutos ni Solomon ang pagpapatayo ng tahanan
para sa pangalan ni Yahweh at pagpapatayo ng palasyo
para sa kaniyang kaharian. **2** Nagtalaga si Solomon ng
pitumpung libong kalalakihan na tagahakot at walumpung
libong kalalakihan na tagaputol ng mga kahoy sa mga
kabundukan at 3, 600 na kalalakihan upang mangasiwa sa
kanila. **3** Nagpadala ng mensahe si Solomon kay Hiram, ang
hari ng Tiro, na nagsasabi, “Tulad ng ginawa mo sa aking
amang si David na pinadalhan mo ng sedar na mga troso
upang magpatayo ng tahanan na matitirahan, gawin mo rin
iyon sa akin. **4** Tingnan mo, malapit na akong magtayo ng
isang tahanan para sa pangalan ni Yahweh na aking Diyos,
upang ihandog ito sa kaniya, upang magsunog sa harap
niya ng matatamis na mga sangkap, para sa tinapay ng
presensiya at para sa mga alay na susunugin sa umaga at
gabi, sa Araw ng Pamamahinga, sa mga bagong buwan,
at sa nakatakdang mga kapistahan para kay Yahweh na
aming Diyos. Ito ay batas ng Israel sa lahat ng panahon. **5**
Ang itatayo kong tahanan ay magiging napakalaki, sapagkat
mas dakila ang aming Diyos kaysa sa lahat ng mga diyus-
diyosan. **6** Ngunit sino ang makapagtatayo ng isang tahanan
para sa Diyos, gayong sa buong kalawakan at maging sa
kalangitan mismo ay hindi siya magkasiya? Sino ako upang
ipagtayo siya ng tahanan, maliban na magsunog ng mga
alay sa harapan niya? **7** Kaya padalhan mo ako ng isang
tao na dalubhasa sa pagpanday ng ginto, pilak, tanso, bakal
at marunong humabi ng telang kulay ube, pula at asul, at
isang tao na nakakaalam gumawa ng lahat ng uri ng pag-
uukit ng kahoy. Siya ay makakasama ng mga dalubhasang
kalalakihan na kasama ko sa Juda at Jerusalem, na ibinigay
ng aking ama na si David. **8** Padalhan mo rin ako ng mga
puno ng sedar, mga puno ng pir at mga puno ng algum
mula sa Lebanon; sapagkat alam ko na mahusay ang iyong
mga lingkod sa pagputol ng troso sa Lebanon. Sasamahan
ng aking mga lingkod ang iyong mga lingkod, **9** upang
ihanda ang napakaraming troso para sa akin; sapagkat
magiging napakalaki at kahanga-hanga ang tahanan na
aking itatayo. **10** Ibibigay ko sa iyong mga lingkod, na
puputol ng kahoy, ang dalawampung libong sisidlang puno

ng binayong trigo, dalawampung libong sisidlang puno ng
sebada, dalawampung libong sisidlang puno ng alak at
dalawampung libong sisidlan na puno ng langis." 11 At
sumagot si Hiram na hari ng Tiro sa liham, na ipinadala niya
kay Solomon: "Sapagkat mahal ni Yahweh ang kaniyang
mga tao, ginawa ka niyang hari sa kanila." 12 Sinabi pa
ni Hiram, "Purihin si Yahweh, Diyos ng Israel, na lumikha
ng langit at lupa, na nagbigay kay haring David ng isang
matalinong anak, pinagkalooban ng mabuting pagpapasiya
at karunungan, na magtatayo ng tahanan para kay Yahweh,
at tahanan para sa kaniyang kaharian. 13 Ngayon nagpadala
ako ng bihasang tao, na pinagkalooban ng karunungan, si
Huramabi, 14 na lalaking anak ng isang babaeng mula sa
angkan ni Dan. Ang kaniyang ama ay mula sa Tiro. Bihasa
siyang gumawa gamit ang ginto, pilak, tanso, bakal, bato at
troso at humabi ng telang kulay ube, pula at asul at pino na
lino. Bihasa rin siya sa paggawa ng lahat ng uri ng pag-
uukit at paggawa ng lahat ng uri ng disenyo. Isamo mo siya
sa iyong mga bihasang mangagawa, at sa mga bihasang
mangagawa ng aking panginoong si David na iyong ama. 15
At ngayon, ang trigo at ang sebada, ang langis at ang alak
na sinabi ng aking panginoon, ipadala ninyo ang mga ito
sa inyong mga lingkod. 16 Puputol kami ng kahoy mula sa
Lebanon, kasindami ng iyong kailangan. Dadalhin namin ito
sa iyo sa mga balsa na idadaan sa dagat patungong Jopa at
bubuhatin ninyo ito patungong Jerusalem." 17 Binilang ni
Solomon ang lahat ng mga dayuhang naroon sa lupain ng
Israel, na sinusunod ang paraan ng pagbilang sa kanila ni
David na kaniyang ama. Sila ay 153, 600. 18 Nagtalaga siya
ng pitumpong libo sa kanila upang magbuhat, walumpong
libo na tagaputol ng mga kahoy sa mga kabundukan at 3,
600 na tagapamahala upang pakilusin ang mga tao.

**3** At sinimulang ipatayo ni Solomon ang tahanan ni Yahweh
sa Jerusalem sa Bundok ng Moria, kung saan nagpakita
si Yahweh kay David na kaniyang ama. Inihanda niya ang
lugar na binalak ni David para rito sa giikan ni Ornan na
Jebuseo. 2 Sinimulan niyang ipatayo sa ikalawang araw
ng ikalawang buwan, sa ika-apat na taon ng kaniyang
paghahari. 3 At ganito ang mga sukat ng pundasyong
inilatag ni Solomon para sa tahanan ng Diyos. Gamit ang
sinaunang paraan ng siko, ang haba ay animnapung siko
at ang lapad ay dalawampung siko. 4 Dalawampung siko
ang haba ng portiko sa harapan ng tahanan, kapantay ng
lapad ng mga gusali. Dalawampung siko rin ang taas nito at
binalot ni Solomon ang loob nito ng purong ginto. 5 Ginawa
rin niya ang kisame ng pangunahing bulwagan gamit ang
kahoy ng pino, na kaniyang binalutan ng purong ginto, at
inukitan niya ng mga puno ng palma at mga kadena. 6
Pinalamutian niya ang tahanan ng mga mamahaling bato;
ang ginto ay ginto mula sa Parvaim. 7 Binalot niya rin ng
ginto ang mga hamba, mga bungad, mga dingding at mga
pintuan ng ginto; umukit siya ng kerubin sa mga dingding
nito. 8 Ipinatayo niya ang kabanal-banalang lugar. Kapantay
ng haba nito ang lapad ng tahanan, dalawampung siko
at dalawampung siko rin ang lapad nito. Binalutan niya
ito ng purong ginto na nagkakahalaga ng anim na raang
talento. 9 Limampung siklo ng ginto ang bigat ng mga pako.
Binalot niya ng ginto ang mga ibabaw nito. 10 Gumawa
siya ng dalawang imahe ng mga kurebin para sa kabanal-
banalang lugar; binalot ito ng ginto ng mga manggagawa.
11 Dalawampung siko ang haba ng lahat ng mga pakpak
ng mga kerubin; limang siko ang haba ng pakpak ng isang
kerubin, na umaabot sa dingding ng silid; at ang isang
pakpak ay limang siko rin na umaabot sa pakpak ng isa
pang kerubin. 12 Ang pakpak ng isang pang kerubin ay
limang siko rin, na umaabot sa dingding ng silid; ang isang
pakpak nito ay limang siko rin, na umaabot sa pakpak ng
naunang kerubin. 13 Ang mga pakpak ng mga kerubin na ito
ay bumubuka na may kabuuang sukat na dalawampung
siko. Nakatayo ang mga kerubin, na nakaharap ang kanilang
mga mukha sa pangunahing bulwagan. 14 Ginawa niyang
kulay ube, asul, at pulang tela at pinong lino ang kurtina at
dinisenyuhan niya ito ng mga kerubin. 15 Gumawa rin si
Solomon ng dalawang haligi, tatlumpu't limang siko ang taas
ng bawat isa, para sa harapan ng tahanan; ang ulunan na
nasa tuktok ng mga ito ay limang siko ang taas. 16 Gumawa
siya ng mga kadena para sa mga haligi at inilagay ang mga
ito sa tuktok nito; gumawa rin siya ng isang daang granada at
idinugtong ang mga ito sa mga kadena. 17 Inilagay niya ang
mga haligi sa harapan ng templo, ang isa sa kanang bahagi
at ang isa ay sa kaliwa; pinangalanan niya ang haliging nasa
kanan ng Jaquin at ang haligi sa kaliwa ay Boaz.

**4** Bukod dito, gumawa siya ng isang altar na tanso; ang
haba nito ay dalawampung siko, at ang lapad nito ay
dalawampung siko. Ang taas nito ay sampung siko. 2
Ginawa rin niya ang lagayan ng tubig na tinawag na bilog na
dagat na gawa sa hinulmang metal, na may sampung siko
ang luwang ng labi. Ang taas nito ay limang siko, at ang
dagat ay tatlumpung siko ang sukat pabilog. 3 Sa ilalim ng
labi nito ay mga toro na pumapalibot sa dagat, sampu sa
bawat siko na kasamang hinulma nang hulmahin ang dagat.
4 Ang lagayan ng tubig na tinawag na dagat ay nakapatong
sa labindalawang toro, ang tatlo ay nakaharap sa hilaga,
ang tatlo ay nakaharap sa timog, ang tatlo ay nakaharap
sa kanluran, at ang tatlo ay nakaharap sa silangan. Ang
dagat ay nakapatong sa mga ito, at lahat ng kanilang mga
puwitan ay nakapaloob. 5 Ang dagat ay kasing kapal ng
lapad ng isang kamay, at ang labi nito ay pinanday gaya ng

labi ng kopa, gaya ng bulaklak na liryo. Ang dagat ay may
lamang tatlong libong baldeng tubig. 6 Gumawa rin siya ng
sampung palanggana para sa paghuhugas ng mga bagay;
naglagay siya ng lima sa gawing kanan, at lima sa kaliwa;
ang mga kasangkapang ginamit sa pagsasagawa ng handog
na susunugin ay huhugasan sa mga ito. Ngunit ang dagat
ay paghuhugasan ng mga pari. 7 Ginawa niya ang gintong
patungan ng ilawan na ginawa ayon sa tagubilin para sa
disenyo ng mga ito; inilagay niya ang mga ito sa templo,
lima sa gawing kanan, at lima sa kaliwa. 8 Gumawa siya ng
sampung mesa at inilagay sa templo, lima sa gawing kanan,
at lima sa kaliwa. Gumawa siya ng sandaang palangganang
ginto. 9 Bukod pa rito, ginawa niya ang patyo ng mga pari at
ang malaking patyo, at ang mga pinto ng patyo; binalot niya
ng tanso ang pinto ng mga ito. 10 Inilagay niya ang dagat
sa gawing kanan ng tahanan, sa silangan na nakaharap
sa timog. 11 Ginawa ni Huram ang mga palayok, ang mga
pala at ang mga mangkok na pangwisik. Kaya tinapos ni
Hiram ang trabahong ginawa niya para kay Haring Solomon
sa loob ng tahanan ng Diyos: 12 ang dalawang haligi, at
ang tila mangkok na nasa itaas ng dalawang haligi, at
ang dalawang hanay ng lambat na pandekorasyon upang
takpan ang dalawang tila mangkok na nasa itaas ng mga
haligi. 13 Ginawa niya ang apatnaraang granada para sa
dalawang hanay ng lambat na pandekorasyon: dalawang
hilera ng granada para sa bawat hanay ng lambat upang
takpan ang dalawang tila mangkok na nasa itaas ng mga
haligi. 14 Ginawa rin niya ang mga patungan at ang mga
palangganang ipapatong sa patungan; 15 isang dagat ng
maraming tubig at labindalawang toro sa ilalim nito, 16
maging ang mga palayok, mga pala, mga pantusok ng karne,
at lahat ng iba pang mga kasangkapan—ginawa ni Huramabi
ang mga ito mula sa pinakintab na tanso para kay Haring
Solomon, para sa tahanan ni Yahweh. 17 Hinulma ng hari
ang mga ito sa kapatagan ng Jordan, sa maputik na lupa sa
pagitan ng Sucot at Zaretan. 18 Kaya ginawa ni Solomon
ang lahat ng mga sisidlang ito sa labis na kasaganaan; sa
katunayan, ang timbang ng tanso ay hindi malaman. 19
Ginawa ni Solomon ang lahat ng mga kasangkapan na nasa
loob ng tahanan ng Diyos, maging ang gintong altar, at ang
mga mesa kung saan ilalagay ang tinapay na handog; 20
ang mga patungan ng ilawan kasama ang mga ilawan ng
mga ito, na dinisenyo upang sindihan sa harap ng loobang
silid—gawa ang mga ito sa purong ginto; 21 at ang mga
bulaklak, ang mga ilawan, at ang mga panipit ay gawa
sa ginto, purong ginto. 22 Maging ang mga sindihan ng
ilawan, mga palanggana, mga panandok, at mga sunugan
ng insenso ay gawa lahat sa purong ginto. Gayon din sa
bungad ng tahanan, ang mga loobang pintuan nito patungo
sa dakong kabanal-banalan at ang mga pintuan ng tahanan,
ang templo, ay gawa sa ginto.

**5** Kaya natapos ang lahat ng gawain na ginawa ni Solomon
para sa tahanan ni Yahweh. Dinala ni Solomon ang
mga bagay na inialay ni David na kaniyang ama, kabilang
ang pilak, ang ginto, at ang lahat ng mga kasangkapan, at
inilagay ang mga ito sa mga silid-imbakan ng tahanan ng
Diyos. 2 Pagkatapos, tinipon ni Solomon sa Jerusalem ang
mga nakatatanda ng Israel, ang lahat ng mga pinuno ng
mga lipi, at ang mga pinuno ng mga angkan ng mga tao sa
Israel, upang kunin ang kaban ng tipan ni Yahweh mula
sa lungsod ni David, ang Zion. 3 Lahat ng kalalakihan ng
Israel ay nagtipun-tipon sa harapan ng hari sa pagdiriwang,
na ginaganap sa ikapitong buwan. 4 Dumating ang lahat
ng mga nakatatanda ng Israel, at binuhat ng mga Levita
ang kaban. 5 Dinala nila ang kaban, ang toldang tipanan at
ang lahat ng banal na kasangkapan na nasa loob ng tolda.
Dinala ng mga pari na kabilang sa tribu ni Levi ang mga
bagay na ito. 6 Si Haring Solomon at ang buong kapulungan
ng Israel ay nagtipon sa harapan ng kaban, na nag-aalay
ng mga tupa at mga baka na hindi mabilang. 7 Dinala ng
mga pari ang kaban ng tipan ni Yahweh sa lagayan nito, sa
loobang silid ng tahanan, sa dakong kabanal-banalan, sa
ilalim ng mga pakpak ng mga kerubin. 8 Sapagkat nakabuka
ang mga pakpak ng mga kerubin sa kinaroroonan ng kaban,
at tinakpan ng mga ito ang kaban at ang mga pasanan nito.
9 Ang mga pasanan ay napakahaba at ang mga dulo nito ay
nakikita mula sa dakong banal sa harap ng silid na nasa
loob, ngunit hindi nila ito nakikita mula sa labas. Naroon pa
rin ang mga ito hanggang sa araw na ito. 10 Walang laman
ang kaban maliban sa dalawang tapyas ng bato na inilagay
roon ni Moises sa Horeb noong si Yahweh ay gumawa ng
kasunduan sa mga tao ng Israel nang makalabas sila sa
Ehipto. 11 Nangyari na ang mga pari ay lumabas mula sa
dakong banal. Inilaan ng lahat ng mga paring naroon ang
kanilang mga sarili kay Yahweh; pinangkat sila ayon sa
kanilang pagkakabaha-bahagi. 12 Maging ang mga Levitang
mga mang-aawit, lahat sila, kabilang sina Asaf, Heman,
Jedutun, at ang kanilang lalaking anak at ang kanilang mga
kapatid na lalaki ay nakadamit ng pinong lino at tumutugtog
ng mga pompiyang, mga alpa, at mga lira, na nakatayo sa
silangang dulo ng altar. Kasama nila ang 120 pari na umiihip
ng mga trumpeta. 13 Nangyari na ang mga umiihip ng
trumpeta at ang mga mang-aawit ay sama-samang gumawa
ng musika, tumutugtog nang iisang tunog na maririnig para
sa pagpupuri at pagpapasalamat kay Yahweh. Nilakasan
nila ang kanilang mga tinig kasama ng mga trumpeta at
mga pompiyang at iba pang mga instrumento, at pinuri
nila si Yahweh. Umawit sila, “Sapagkat siya ay mabuti,

sapagkat ang kaniyang katapatan sa kaniyang kasunduan
ay nananatili magpakailanman." At ang tahanan, na tahanan
ni Yahweh ay napuno ng ulap. **14** Ang mga pari ay hindi
makatayo sa loob upang maglingkod dahil sa ulap, sapagkat
pinuno ng kaluwalhatian ni Yahweh ang kaniyang tahanan.

**6** At sinabi ni Solomon, "Sinabi ni Yahweh na siya ay
titira sa makapal na kadiliman, **2** ngunit ipinagtayo kita
ng isang matayog na tirahan, isang lugar na titirahan mo
magpakailanman." **3** At humarap ang hari at binasbasan
ang buong kapulungan ng Israel, habang nakatayo ang
buong kapulungan ng Israel. **4** Sinabi niya, "Purihin nawa si
Yahweh, ang Diyos ng Israel na nakipag-usap kay David
na aking ama, at tinupad ito sa pamamagitan ng kaniyang
sariling mga kamay, sinasabi, **5** 'Mula noong araw na inilabas
ko ang aking mga tao mula sa lupain ng Ehipto, wala akong
piniling lungsod mula sa lahat ng lipi ng Israel kung saan
magtatayo ng tahanan, upang naroon ang aking pangalan. Ni
hindi ako pumili ng sinumang tao upang maging prinsipe sa
aking bayang Israel. **6** Gayunpaman, pinili ko ang Jerusalem,
upang naroon ang aking pangalan, at pinili ko si David upang
mamuno sa aking bayang Israel.' **7** Ngayon nasa puso
ni David, na aking ama, na magtayo ng tahanan para sa
pangalan ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. **8** Ngunit sinabi ni
Yahweh kay David, na aking ama, 'Yamang nasa iyong puso
ang magtayo ng tahanan para sa aking pangalan, mabuti
ang iyong ginawa na ito ay nasa iyong puso. **9** Gayunpaman,
hindi mo dapat itayo ang tahanan; sa halip, ang iyong anak,
na manggagaling sa iyong puson, ang siyang magtatayo ng
tahanan para sa aking pangalan.' **10** Tinupad ni Yahweh ang
salitang kaniyang sinabi, sapagkat bumangon ako kapalit ni
David na aking ama, at umupo ako sa trono ng Israel, ayon
sa ipinangako ni Yahweh. Ipinatayo ko ang tahanan para
sa pangalan ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. **11** Inilagay
ko ang kaban doon, kung saan naroon ang kasunduan ni
Yahweh, na ginawa niya kasama ang mga tao ng Israel." **12**
Tumayo si Solomon sa harap ng altar ni Yahweh sa harapan
ng buong kapulungan ng Israel, at iniunat ang kaniyang mga
kamay. **13** Sapagkat gumawa siya ng tansong entablado,
limang siko ang haba, limang siko ang lapad, tatlong siko
ang taas. At inilagay niya ito sa gitna ng patyo. Tumayo
siya rito at lumuhod sa harapan ng buong kapulungan ng
Israel, at itinaas niya ang kaniyang mga kamay patungo sa
kalangitan. **14** Sinabi niya, "Yahweh, Diyos ng Israel, walang
Diyos na katulad mo sa langit man o sa lupa, na tumutupad
sa tipan at sa tipan ng kasunduan sa iyong mga lingkod
na lumalakad sa harap mo nang kanilang buong puso; **15**
tinupad mo ang iyong pangako sa iyong lingkod na si David
na aking ama. Oo, nagsalita ka sa iyong bibig at tinupad mo
ito ng iyong kamay, maging sa araw na ito. **16** Kaya ngayon,
Yahweh, Diyos ng Israel, tuparin mo ang pangako mo sa
iyong lingkod na si David na aking ama, noong sinabi niya,
'Hindi ka magkukulang na magkaroon ng lalaki sa aking
paningin na uupo sa trono ng Israel, kung magiging maingat
lang ang iyong mga kaapu-apuhan na sumunod sa aking
kautusan, tulad ng pagsunod mo sa akin.' **17** Kaya ngayon,
Diyos ng Israel, dalangin ko na ang pangako na ginawa mo
sa iyong lingkod na si David ay matupad. **18** Ngunit talaga
bang titira ang Diyos kasama ng mga tao sa lupa? Tingnan,
sa buong kalawakan at maging sa kalangitan mismo ay hindi
ka magkasiya—gaano pa kaya sa templong ito na aking
itinayo! **19** Gayunpaman isaalang-alang mo ang panalanging
ito ng iyong lingkod at ang kaniyang kahilingan, Yahweh
na aking Diyos; pakinggan mo ang iyak at panalangin na
ipinapanalangin ng iyong lingkod sa iyong harapan. **20** Nawa
ay maging bukas ang iyong mga mata sa templong ito araw
at gabi, sa lugar kung saan sinabi mong paglalagyan mo
ng iyong pangalan—upang dinggin ang mga panalangin
na idadalangin ng iyong lingkod sa lugar na ito. **21** Kaya
pakinggan mo ang mga kahilingan ng iyong lingkod at
ng iyong mga taong Israel kapag kami ay mananalangin
paharap sa lugar na ito. Oo, pakinggan mo mula sa lugar
kung saan ka nakatira, mula sa kalangitan; at kapag iyong
napakinggan, patawarin mo. **22** Kung magkasala ang isang
tao laban sa kaniyang kapwa at kailangan na manumpa ng
isang panunumpa, at kung siya ay dumating at manumpa ng
isang panunumpa sa harapan ng iyong altar sa tahanang
ito, **23** dinggin mo mula sa langit at kumilos ka at hatulan
mo ang iyong mga lingkod, na papagbayarin ang masama,
upang parusahan siya ng nararapat sa kaniyang ginawa. At
ipahayag mong matuwid ang walang kasalanan, upang ibigay
sa kaniya ang gantimpala dahil sa kaniyang pagkamatuwid.
**24** Kapag matalo ng kaaway ang iyong mga taong Israel
dahil nagkasala sila sa iyo, kung magbabalik-loob sila sa iyo,
at kilalanin ang iyong pangalan, mananalangin, at hihiling ng
kapatawaran sa harapan mo sa templong ito— **25** pakiusap
pakinggan mo mula sa kalangitan at patawarin mo ang
kasalanan ng iyong mga taong Israel; ibalik mo sila sa lupaing
ibinigay mo sa kanila at sa kanilang mga ninuno. **26** Kapag
nakasara ang langit at walang ulan dahil nagkasala laban sa
iyo ang mga tao—kung mananalangin sila na nakaharap sa
lugar na ito, kikilalanin ang iyong pangalan, at tatalikod sa
kanilang kasalanan kapag pinahirapan mo sila— **27** dinggin
mo sa langit at patawarin mo ang kasalanan ng iyong mga
lingkod at ng iyong mga taong Israel, kapag pangungunahan
mo sila sa mabuting daang dapat nilang lakaran. Magpadala
ka ng ulan sa iyong lupain na ibinigay mo sa iyong mga tao
bilang mana nila. **28** Ipagpalagay na may taggutom sa lupain,
o ipagpalagay na may sakit, tagtuyot o amag, mga balang o

mga uod; o ipagpalagay na sasalakayin ng mga kaaway
ang mga tarangkahan ng lungsod sa kanilang lupain, o na
may anumang salot o karamdaman— 29 at ipagpalagay
natin na nanalangin at humiling ang isang tao o ang lahat ng
iyong tao sa Israel—na nalalaman ng bawat isa ang salot
at kalungkutan sa kaniyang sariling puso habang itinataas
ang kaniyang mga kamay tungo sa templong ito. 30 Kung
gayon, pakinggan mo mula sa langit, ang lugar kung saan ka
nakatira; patawarin mo, at gantimpalaan mo ang bawat tao
sa lahat ng kaniyang kaparaanan; alam mo ang kaniyang
puso, sapagkat tanging ikaw lamang ang nakakaalam sa
puso ng mga tao. 31 Gawin mo ito upang sila ay matakot
sa iyo, upang sila ay lumakad sa iyong mga kaparaanan
sa lahat ng araw na sila ay nabubuhay sa lupain na iyong
ibinigay sa aming mga ninuno. 32 Dagdag pa rito, tungkol sa
dayuhang hindi kabilang sa iyong mga taong Israel: kapag
siya ay dumating mula sa malayong bansa dahil sa iyong
dakilang pangalan, sa iyong makapangyarihang kamay,
at sa iyong nakataas na bisig; kapag sila ay dumating at
mananalangin patungo sa tahanang ito— 33 sa panahong
iyon pakiusap pakinggan mo mula sa kalangitan, sa lugar
kung saan ka nakatira, at gawin mo ang anumang hihilingin
ng dayuhan sa iyo, upang malaman ng lahat ng lahi sa
mundo ang iyong pangalan, upang matakot sila sa iyo,
katulad ng iyong mga taong Israel, at upang malaman nila
na ang tahanang ito na itinayo ko ay tinatawag sa iyong
pangalan. 34 Ipagpalagay nating lumabas ang iyong mga
tao upang makipagdigma laban sa kanilang mga kaaway, sa
anumang kaparaanang ipadadala mo sila, at ipagpalagay
nating nananalangin sila patungo sa lungsod na ito na iyong
pinili, at patungo sa tahanang itinayo ko sa iyong pangalan.
35 Sa panahong iyon pakinggan mo mula sa kalangitan ang
kanilang panalangin, ang kanilang kahilingan, at tulungan sa
kanilang layunin. 36 Ipagpalagay na nagkasala sila laban sa
iyo—yamang walang sinuman ang hindi nagkakasala—at
ipagpalagay na galit ka sa kanila at ibibigay mo sila sa
kanilang kaaway, upang dalhin sila ng kaaway at gawin
silang mga bihag sa kanilang lupain, maging malayo man o
malapit. 37 At ipagpalagay na napagtanto nila na sila ay nasa
lupain kung saan sila ay sapilitang dinala, at ipagpalagay
na nagsisi sila at humingi ng pabor mula sa iyo sa lupain
ng kanilang pagkakabihag. Ipagpalagay na sasabihin nila,
'Naging matigas ang aming ulo at nagkasala kami. Gumawa
kami ng kasamaan.' 38 Ipagpalagay na sila ay magbabalik-
loob sa iyo nang buong puso nila at buong kaluluwa nila sa
lupain kung saan sila binihag, kung saan sila dinala bilang
mga bihag, at ipagpalagay na mananalangin sila tungo sa
kanilang lupain, na ibinigay mo sa kanilang mga ninuno,
at tungo sa lungsod na iyong pinili, at tungo sa tahanan
na aking itinayo para sa iyong pangalan. 39 Sa panahong
iyon makinig ka mula sa kalangitan, sa lugar kung saan ka
nakatira, sa kanilang panalangin at kanilang mga kahilingan,
at tulungan sila sa kanilang adhikain. Patawarin mo ang
iyong mga tao, na nagkasala sa iyo. 40 Ngayon, aking Diyos,
nagmamakaawa ako sa iyo, buksan mo ang iyong mga
mata, at ang iyong mga tainga na dinggin ang panalangin na
ginawa sa lugar na ito. 41 Kaya ngayon tumindig, Yahweh
na Diyos, pumunta ka sa iyong lugar ng pahingahan, ikaw
at ang kaban ng iyong lakas, suotan mo ng kaligtasan,
Yahweh na Diyos, ang iyong mga pari, at ang iyong mga
banal ay magalak sa iyong kabutihan. 42 Yahweh na Diyos,
huwag mong italikod ang mukha ng iyong pinili mula sa iyo.
Alalahanin mo ang iyong tipan ng katapatan kay David, na
iyong lingkod."

7 Ngayon pagkatapos manalangin ni Solomon, bumaba
ang apoy mula sa langit at nilamon ang mga handog na
susunugin at ang mga Alay, at pinuno ng kaluwalhatian ni
Yahweh ang tahanan. 2 Hindi makapasok ang mga pari sa
tahanan ni Yahweh, dahil pinuno ng kaniyang kaluwalhatian
ang kaniyang tahanan. 3 Tumingin ang lahat ng mga tao
ng Israel nang bumaba ang apoy at ang kaluwalhatian
ni Yahweh ay nasa tahanan. Yumuko sila na nakasayad
ang kanilang mga mukha sa sahig na bato, sumamba, at
nagpasalamat kay Yahweh. Sinabi nila, "Sapagkat siya
ay mabuti, sapagkat ang kaniyang tipan ng katapatan ay
magpakailanman." 4 Kaya naghandog ang hari at ang lahat
ng tao ng mga alay kay Yahweh. 5 Naghandog ng alay
si Haring Solomon ng dalawampung libong mga baka at
120, 000 na mga tupa at mga kambing. Kaya inihandog
ng hari at ng lahat ng mga tao ang tahanan ng Diyos.
6 Tumayo ang mga pari, nakatayo ang bawat isa kung
saan sila naglilingkod; ganoon din ang mga Levita dala
ang mga kagamitan ng musika ni Yahweh na ginawa ni
David sa pagbibigay ng mga pasasalamat kay Yahweh
sa awitin, "Mananatili ang kaniyang tipan ng kasunduan
magpakailanman." Nagpatunog ng mga trumpeta ang lahat
ng pari sa harap nila; at tumayo ang lahat ng Israelita. 7
Inihandog ni Solomon ang gitna ng patyo na nasa harap ng
tahanan ni Yahweh. Hinandog niya roon ang mga handog
na susunugin at ang taba ng handog pangkapayapaan,
dahil hindi magkasya sa ginawa niyang altar na tanso ang
mga handog na susunudin, ang mga butil na handog, at
ang taba. 8 Kaya idinaos ni Solomon ang pagdiriwang sa
panahong iyon sa loob ng pitong araw, kasama ang buong
Israel, isang napakalaking kapulungan, mula sa Lebo Hamat
hanggang sa batis ng Ehipto. 9 At sa ika-walong araw
nagdaos sila ng taimtim na pagtitipon, sapagkat ginawa
nila ang paghahandog ng altar sa loob ng pitong araw,

at ang pagdiriwang sa loob ng pitong araw. 10 Sa ika-
dalawampu't tatlong araw ng ika-pitong buwan, pina-uwi ni
Solomon ang mga tao sa kanilang mga tahanan na may
mga pusong masaya at nagagalak dahil sa kabutihan na
ipinakita ni Yahweh kay David, kay Solomon, at sa Israel,
ang kaniyang mga tao. 11 Sa gayon natapos ni Solomon
ang tahanan ni Yahweh at ang kaniyang sariling tahanan.
Lahat ng nasa puso ni Solomon na gawin sa tahanan
ni Yahweh at sa kaniyang sariling tahanan, matagumpay
niyang nagawa. 12 Nagpakita si Yahweh kay Solomon sa
gabi at sinabi sa kaniya, "Narinig ko ang iyong panalangin,
at pinili ko ang lugar na ito para sa aking sarili bilang isang
bahay alayan. 13 Ipagpalagay na isinara ko ang kalangitan
upang walang ulan, o kung utusan ko ang mga balang
na lamunin ang lupain, o kung magpadala ako ng sakit
sa aking mga tao. 14 Sa panahong iyon kung ang aking
mga tao na tinawag sa pamamagitan ng aking pangalan
ay magpapakumbaba, mananalangin, hahanapin ako, at
tatalikod sa kanilang masasamang gawain, makikikiibig ako
mula sa langit, patatawarin ko ang kanilang kasalanan, at
pagagalingin ko ang kanilang lupain. 15 Ngayon magiging
bukas ang aking mga mata at makikinig ang aking mga
tainga sa mga panalangin na gagawin sa lugar na ito. 16
Sapagkat pinili ko ngayon at inilaan ang tahanang ito, upang
ang aking pangalan ay naroon magpakailanman; at ang
aking mga mata at puso ay naroon sa lahat ng panahon. 17
At ikaw, kung lalakad ka sa harap ko tulad ng iyong amang
si David, na sinusunod ang lahat ng iniutos ko sa iyo at
sinusunod ang aking mga panuntunan at mga kautusan, 18
kung gayon, itatatag ko ang trono ng iyong kaharian, tulad
ng sinabi ko sa isang kasunduan kay David na iyong ama,
noong sinabi ko, 'Hindi mabibigo kailanman ang isa sa iyong
lahi na maging hari ng Israel.' 19 Ngunit kung tatalikod ka, at
iiwanan ang aking mga panuntunan at ang mga kautusan na
aking ibinigay sa iyo, at kung sasamba ka sa ibang mga
diyos at yumuko sa kanila, 20 sa panahong iyon ay bubunutin
ko sila mula sa aking lupain na ibinigay ko sa kanila; at ang
tahanang ito na itinalaga ko sa aking pangalan—palalayasin
ko ito mula sa aking harapan, at gagawin ko itong kawikaan
at isang katatawanan sa gitna ng lahat ng lahi ng tao. 21 At
kahit na ang templong ito sa ngayon ay matayog, magugulat
ang lahat na dadaan dito at susutsut. Tatanungin nila, 'Bakit
ginawa ito ni Yahweh sa lupain ito at sa tahanang ito?'
22 Sasagot ang iba, 'Dahil tinalikuran nila si Yahweh, ang
kanilang Diyos, na naglabas sa kanilang mga ninuno mula sa
lupain ng Ehipto, at bumaling sila sa ibang diyos at yumuko
sa kanila at sinamba sila. Iyon ang dahilan kung bakit dinala
ni Yahweh ang lahat ng sakunang ito sa kanila."

8 Nangyari na sa pagtatapos ng ika-dalawampung taon
ng pagpapatayo ni Solomon ng tahanan ni Yahweh at ng
kaniyang sariling tahanan, 2 ipinatayo muli ni Solomon ang
mga bayan na ibinigay sa kaniya ni Hiram at pinatira niya ang
mga Israelita doon. 3 Nilusob at tinalo ni Solomon ang Hamat-
Zoba. 4 Ipinatayo niya ang Tadmor sa ilang at ipinatayo niya
ang lahat ng mga lungsod-imbakan sa Hamat. 5 Ipinatayo
din niya ang Bet-horong Itaas at Bet-horong Ibaba, mga
lungsod na napapalibutan ng mga pader at mayroon ding
mga tarangkahan at pangharang. 6 Ipinatayo niya ang Baalat
at ang lahat ng mga lungsod-imbakan na pag-aari niya at
ang lahat ng mga lungsod para sa kaniyang mga karwahe,
mga mangangabayo at anumang naisin niyang ipatayo para
sa kaniyang kasiyahan sa Jerusalem, sa Lebanon at sa lahat
ng mga lupaing kaniyang pinamumunuan. 7 Tungkol naman
sa lahat ng taong naiwan na Heteo, Amoreo, Perezeo, Hivita
at Jebuseo na hindi kabilang sa Israel, 8 ang kanilang mga
kaapu-apuhan na naiwan sa lupain na hindi nilipol ng mga
Israelita—Sila ay ginawa ni Solomon na mga sapilitang
manggagawa hanggang sa panahong ito. 9 Gayunpaman,
hindi isinama ni Solomon ang mga Israelita sa mga sapilitang
manggagawa. Sa halip, sila ay naging kaniyang mga kawal,
mga pinuno ng kaniyang mga hukbo, mga tagapangasiwa at
pinuno ng kaniyang mga mangangarwahe at kaniyang mga
mangangabayo. 10 Sila rin ang mga punong tagapangasiwa
sa mga namamahala na kabilang kay Haring Solomon,
250 sa kanila ang namamahala sa mga manggagawa.
11 Dinala ni Solomon ang anak ng Faraon sa labas ng
lungsod ni David, sa tahanan na ipinatayo niya para rito,
sapagkat sinabi niya, "Hindi maaaring tumira ang aking
asawa sa tahanan ni David na hari ng Israel, sapagkat
banal ang lugar kung saan naroroon ang kaban ni Yahweh."
12 Pagkatapos nito, naghandog si Solomon ng mga alay
na susunugin kay Yahweh sa ipinagawa niyang altar sa
harap ng portiko. 13 Naghandog siya ng mga alay ayon sa
kailangan sa bawat araw, inihandog niya ang mga ito na
sinusunod ang mga alituntuning nakasaad sa kautusan ni
Moises, sa mga Araw ng Pamamahinga, sa bawat paglabas
ng bagong buwan, sa mga itinakdang kapistahan, tatlong
beses sa bawat taon: ang pagdiriwang ng Pista ng Tinapay
na Walang Pampaalsa, Pista ng mga Linggo at ang Pista ng
mga Tolda. 14 Bilang pagsunod sa mga utos ng kaniyang
amang si David, itinalaga ni Solomon ang mga pangkat ng
pari sa kanilang gawain at ang mga Levita sa kanilang mga
posisyon upang purihin ang Diyos at upang maglingkod sa
mga pari ayon sa kailangan sa bawat araw. Itinalaga din
niya sa bawat tarangkahan ang mga tagapagbantay ng mga
tarangkahan ayon sa kanilang pangkat, sapagkat iniutos
din ito ni David na lingkod ng Diyos. 15 Hindi lumabag ang

mga taong ito sa mga utos ng hari sa mga pari at sa mga
Levita tungkol sa anumang bagay o tungkol sa mga silid-
imbakan. 16 Ngayon, natapos ang lahat ng mga gawain ni
Solomon, simula sa araw ng pagtatayo ng pundasyon ng
tahanan ni Yahweh hanggang sa matapos ito. Sa ganitong
paraang natapos at nagamit ang tahanan ni Yahweh. 17
Pagkatapos, pumunta si Solomon sa Ezion-geber at Elot sa
baybaying dagat sa lupain ng Edom. 18 Pinadalhan siya ni
Hiram ng mga barko na pinangangasiwaan ng mga opisyal
na may kaalaman tungkol sa karagatan. Pumunta sila sa
Ofir kasama ang mga lingkod ni Solomon. Mula doon, nag-
uwi sila ng 450 talentong ginto para kay Haring Solomon.

9 Nang mabalitaan ng reyna ng Sheba ang katanyagan
ni Solomon, pumunta siya sa Jerusalem upang subukin
siya ng mga mahihirap na tanong. Dumating siya nang
may napakaraming dala at kasama, mga kamelyo na may
pasang mga pampalasa, maraming ginto, at maraming
mamahaling bato. 2 Nang pumunta siya kay Solomon,
sinabi niya sa kaniya ang lahat ng nasa kaniyang puso.
Sinagot ni Solomon ang lahat ng kaniyang tanong; walang
mahirap para kay Solomon; walang tanong na hindi niya
nasagot. 3 Nang makita ng reyna ng Sheba ang karunungan
ni Solomon, at ang palasyo na kaniyang itinayo, 4 ang
pagkain sa kaniyang mesa, ang ayos ng kaniyang mga
lingkod, ang mga gawain ng kaniyang mga lingkod at ang
kanilang kasuotan, gayundin ang kaniyang mga tagahawak
ng saro at ang kanilang kasuotan, at ang pamamaraan
ng kaniyang paghahandog ng handog na susunugin sa
tahanan ni Yahweh, nawalan siya ng loob. 5 Sinabi niya sa
hari, “Totoo nga ang balita na narinig ko sa aking sariling
lupain tungkol sa iyong mga salita at karunungan. 6 Hindi
ako naniwala sa aking narinig hanggang sa nakarating ako
dito at ngayon, nakita ito ng aking mga mata. Wala pa sa
kalahati ang sinabi sa akin tungkol sa iyong karunungan
at kayamanan! Nahigitan mo ang katanyagan na aking
narinig. 7 Pinagpala ang iyong mga tao at ang iyong mga
tagapaglingkod na palaging nakatayo sa iyong harapan dahil
naririnig nila ang iyong karunungan. 8 Purihin si Yahweh na
iyong Diyos na nalugod sa iyo at naglagay sa iyo sa trono
upang maging hari ni Yahweh na iyong Diyos. Dahil mahal
ng iyong Diyos ang Israel, ginawa ka niyang hari ng lahat
upang patatagin sila magpakailanman upang gawin mo kung
ano ang makatarungan at makatuwiran!” 9 Binigyan niya
ang hari ng 120 talento ng ginto at napakaraming sangkap
at mga mamahaling bato. Hindi na nakatanggap si Haring
Solomon ng kasing dami ng mga sangkap na ibinigay sa
kaniya ng reyna ng Sheba 10 Ang mga lingkod ni Hiram
at ang mga lingkod ni Solomon, na nag-uwi ng mga ginto
mula sa Ofir ay nagdala rin ng mga kahoy na algum at mga
mamahaling bato. 11 Gamit ang kahoy na algum, gumawa
ang hari ng mga hagdan para sa tahanan ni Yahweh at
para sa kaniyang tahanan, at ng mga arpa at liro para sa
mga musikero. Walang pang nakikitang kahoy na katulad
nito nang panahong iyon sa lupain ng Juda. 12 Ibinigay ni
Haring Solomon sa reyna ng Sheba ang lahat ng gusto niya,
anuman ang hiniling niya, na karagdagan sa kaniyang dinala
sa hari. Kaya umalis siya at umuwi sa kaniyang sariling
lupain kasama ang kaniyang mga lingkod. 13 Ang timbang
ng gintong dumadating kay Solomon sa loob ng isang taon
ay 666 talento ng ginto, 14 hindi pa kabilang ang ginto na
idinadala sa kaniya ng mga negosyante at mangangalakal.
Nagdala rin ng ginto at pilak kay Solomon ang lahat ng
hari sa Arabia at mga gobernador sa bansa. 15 Gumawa
si Haring Solomon ng dalawang daan na malalaking mga
kalasag na gawa sa pinanday na ginto. Anim na raang
siklo ng ginto ang nagamit sa paggawa sa bawat isa. 16
Gumawa rin siya ng tatlong daang mga kalasag na gawa
sa pinanday na ginto. Tatlong mina ng ginto ang nagamit
sa paggawa sa bawat isa. Inilagay ng hari ang mga ito sa
Palasyo ng Kagubatang Lebanon. 17 At nagpagawa ang
hari ng isang napakalaking trono ng garing at binalot ito
ng pinakamagandang ginto. 18 Mayroon anim na baitang
paakyat sa trono at pabilog ang likod ng tuktok ng trono.
May mga patungan ng kamay sa magkabilang bahagi ng
trono at may dalawang leon na nakatayo sa magkabilang
bahagi ng patungan ng kamay. 19 May labindalawang imahe
ng leon ang nakatayo sa bawat baitang, isa sa bawat gilid
ng bawat anim na baitang. Walang tronong katulad nito sa
ibang kaharian. 20 Ang lahat ng kopang iniinuman ni Haring
Solomon ay mga ginto at ang lahat ng kopang iniinuman
sa Palasyo ng Kagubatang Lebanon ay mga purong ginto.
Walang pilak dahil ang pilak itinuturing na hindi mahalaga sa
kapanahunan ni Solomon. 21 Ang hari ay may pangkat ng
mga barko sa karagatan kasama ang mga barko ni Hiram.
Minsan sa bawat ika-tatlong taon, nagdadala ang pangkat
ng mga barko ng ginto, pilak at garing at ng mga gorilya at
malalaking unggoy. 22 Kaya nahigitan ni Haring Solomon
ang lahat ng mga hari sa buong mundo sa kayamanan at
karunungan. 23 Hinahangad ng buong daigdig na makaharap
si Solomon upang mapakinggan ang kaniyang karunungan
na inilagay ng Diyos sa kaniyang puso. 24 Nagdadala ang
mga bumibisita ng mga pagpaparangal, mga sisidlang gawa
sa pilak at ginto, mga damit, baluti at mga sangkap, gayundin
ng mga kabayo at mola. Nagpatuloy ito taun-taon. 25 May
apat na libong kuwadra si Solomon para sa mga kabayo
at mga karwahe at labindalawang libong mangangabayo,
na kaniyang inilagay sa mga lungsod ng mga karwahe at
sa kaniya sa Jerusalem. 26 Pinamumunuan niya ang lahat

ng hari mula sa Ilog Eufrates hanggang sa lupain ng mga
Filisteo at sa hangganan ng Ehipto. **27** May pilak ang hari
sa Jerusalem, na kasindami ng mga bato sa lupa. Ginawa
niyang sagana ang kahoy na sedar katulad ng punong
sikamoro na nasa mababang lugar. **28** Nagdala sila ng mga
kabayo para kay Solomon galing sa Ehipto at mula sa lahat
ng lupain. **29** Ang iba pang mga pangyayari tungkol kay
Solomon mula sa simula hanggang sa wakas, hindi ba ito
nakasulat sa Kasaysayan ni Propeta Natan at sa Pahayag
ni Ahias na taga-Shilo at sa mga Pangitain ni Propeta
Iddo tungkol kay Reboam na anak ni Nebat? **30** Naghari
si Solomon sa Jerusalem sa buong Israel ng apatnapung
taon. **31** At namatay siya at inilibing ng mga tao sa lungsod
ni David na kaniyang ama. Si Rehoboam na kaniyang anak
ang pumalit sa kaniya bilang hari.

**10** Pumunta sa Shekem si Rehoboam, dahil darating ang
lahat ng mga taga-Israel sa Shekem upang gawin
siyang hari. **2** Narinig ito ni Jeroboam na anak ni Nebat (dahil
nasa Egipto siya, kung saan siya tumakas mula kay haring
Solomon, ngunit bumalik si Jeroboam mula sa Ehipto). **3**
Kaya ipinatawag nila siya, dumating si Jeroboam at ang
lahat ng Israelita. Kinausap nila si Rehoboam at sinabi, **4**
“Ginawang mahirap ng iyong ama ang aming mga pasanin.
Kaya ngayon, gawin mong mas madali ang mahirap na
gawain ng iyong ama, at pagaanin mo ang mabigat na
pasanin na ibinigay niya sa amin at paglilingkuran ka namin.”
**5** Sinabi ni Rehoboam sa kanila, “Bumalik kayo sa akin
pagkatapos ng tatlong araw.” Kaya, umalis na ang mga
tao. **6** Sumangguni si Haring Rehoboam sa mga matandang
kalalakihan na nagpayo kay Solomon na kaniyang ama
noong nabubuhay pa siya. sinabi niya, “Paano ninyo ako
papayuhan upang mabigyan ng kasagutan ang mga taong
ito?” **7** Nakipag-usap sila sa kaniya at sinabi, “Kung magiging
mabuti ka sa mga taong ito at bibigyang-lugod mo sila at
magsasabi ng mga mabubuting salita sa kanila, magiging
alipin mo sila sa habang panahon. **8** Ngunit hindi pinakinggan
ni Rehoboam ang payo na ibinigay ng mga matandang
kalalakihan sa kaniya at sumangguni siya sa mga kabataang
lalaki na kasabayan niyang lumaki at nagpapayo sa kaniya.
**9** Sinabi niya sa kanila, “Ano ang maibibigay ninyong payo
sa akin upang sagutin natin ang mga taong ito na nakipag-
usap sa akin at sinasabi, “Pagaanin mo ang mga pasanin
na ibinigay ng iyong ama sa amin'?” **10** Nagsalita ang mga
kabataang lalaki na kasabayang lumaki ni Rehoboam na
nagsasabi, “Makipag-usap ka sa mga taong nagsabi sa
iyo na ginawang mabigat ng iyong amang si Solomon ang
kanilang mga pasanin, na kailangan mong gawing mas
magaan. Dapat mong sabihin sa kanila, 'Mas makapal
ang aking hinliliit kaysa sa baywang ng aking ama. **11**
Kaya ngayon, bagaman pinapasan kayo ng aking ama ng
isang mabigat na pasanin, dadagdagan ko pa ang inyong
mga pasanin. Pinarusahan kayo ng aking ama ng mga
latigo, ngunit parurusahan ko kayo sa pamamagitan ng mga
alakdan.'” **12** Kaya pumunta si Jeroboam at ang lahat ng
tao kay Rehoboam sa ikatlong araw, kagaya ng iniutos ng
hari sa kanila ng sabihin niya, “Bumalik kayo sa akin sa
ikatlong araw.” **13** Marahas silang sinagot ng hari. Hindi
pinansin ni Haring Rehoboam ang payo ng mga matandang
kalalakihan. **14** Nakipag-usap siya sa kanila na sinunod ang
payo ng mga kabataang lalaki at sinabi, “Gagawin kong mas
mabigat ang inyong mga pasanin at dadagdagan ko pa
ito. Pinarusahan kayo ng aking ama ng mga latigo, ngunit
parurusahan ko kayo sa pamamagitan ng mga alakdan.” **15**
Hindi nakinig ang hari sa mga tao, sapagkat ito ang isang
pangyayaring pinahintulutan ng Diyos, upang matupad ni
Yahweh ang kaniyang salita na sinabi niya sa pamamagitan
ni Ahias na Silonita kay Jeroboam na anak ni Nebat. **16**
Nang makita ng mga taga-Israel na hindi nakinig ang hari sa
kanila, sinagot siya ng mga tao at sinabi, “Anong bahagi
mayroon kami kay David? Wala kaming mana sa anak
ni Jesse! Bumalik na kayong mga taga-Israel sa inyong
mga tolda. Ngayon David, bahala ka ng tumingin sa iyong
sariling tolda.” Kaya, bumalik na ang bawat isa sa mga
Israelita sa kanilang mga tolda. **17** Ngunit ang mga taga-
Israel na nakatira sa mga lungsod ng Juda, pinamunuan sila
ni Rehoboam. **18** Pagkatapos, ipinadala ni Haring Rehoboam
si Adoram na namumuno sa sapilitang panggawa, ngunit
binato siya ng mga Israelita hanggang sa namatay siya.
Kaagad na tumakas si Haring Rehoboam sakay ng kaniyang
karwahe patungo sa Jerusalem. **19** Kaya, nagrerebelde ang
Israel laban sa sambahayan ni David hanggang sa mga
panahong ito.

**11** Nang makarating si Rehoboam sa Jerusalem, tinipon
niya ang sambahayan ni Juda at Benjamin, 180, 000
na piling mga lalaking mandirigma na makikipaglaban sa
Israel upang maibalik kay Rehoboam ang kaharian. **2** Ngunit
natanggap ni Semaias na lingkod ng Diyos ang salita ni
Yahweh, na nagsasabi, **3** “Sabihin mo kay Rehoboam na
anak ni Solomon na hari ng Juda at sa buong Israel na
nasa Juda at Benjamin. **4** Sinabi ito ni Yahweh, 'Hindi ninyo
dapat salakayin o kalabanin ang inyong mga kapatid. Dapat
bumalik ang bawat isa sa kaniyang tahanan sapagkat ang
bagay na ito ay pinahintulutan kong mangyari.'” Kaya nakinig
sila sa mga salita ni Yahweh at hindi na nila kinalaban
si Jeroboam. **5** Nanirahan si Rehoboam sa Jerusalem
at nagpatayo ng mga lungsod sa Juda upang maging
pananggalang. **6** Ipinatayo niya ang Bethlehem, Etam,
Tekoa, **7** Beth-sur, Soco, Adullam, **8** Gat, Maresa, Zif, **9**

Adoraim, Laquis, Azeka, 10 Zora, Aijalon, at Hebron. Ito ay
mga pinatibay na lungsod sa Juda at Benjamin. 11 Pinatibay
niya ang mga tanggulan at naglagay ng mga pinuno sa mga
ito na may kasamang imbakan ng mga pagkain, langis at
alak. 12 Naglagay siya ng mga kalasag at mga sibat sa
bawat lungsod at labis na pinatibay ang mga lungsod. Sakop
niya ang Juda at Benjamin. 13 Pumunta sa kaniya ang mga
pari at ang mga Levitang nasa buong Israel na mula sa loob
ng kanilang hangganan. 14 Sapagkat iniwan ng mga Levita
ang kanilang mga pastulan at mga pag-aari upang pumunta
sa Juda at Jerusalem; sapagkat itinaboy sila ni Jeroboam at
ng kaniyang mga anak, kaya hindi na sila makagagawa pa
ng mga tungkulin ng pari para kay Yahweh. 15 Nagtalaga si
Jeroboam ng mga pari para sa mga dambana at sa mga
diyus-diyosang guya at kambing na kaniyang ipinagawa.
16 Sumunod sa kanila ang mga tao mula sa lahat ng mga
tribu ng Israel na itinuon ang kanilang puso na hanapin si
Yahweh, ang Diyos ng Israel. Pumunta sila sa Jerusalem
upang maghandog kay Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga
ninuno. 17 Kaya pinalakas nila ang kaharian ng Juda at
pinatatag sa loob ng tatlong taon si Rehoboam na anak ni
Solomon sapagkat sa loob ng tatlong taon, sinunod nila
ang paraan ng pamumuhay nina David at Solomon. 18
Napangasawa ni Rehoboam si Mahalat, ang anak na babae
ni Jerimot na anak ni David at ni Abihail na anak ni Eliab na
na anak ni Jesse. 19 Nagsilang siya ng mga batang lalaki
na sina Jeus, Semarias at Zaham. 20 Kasunod ni Mahalat,
napangasawa ni Rehoboam si Maaca na anak ni Absalom.
Isinilang niya sina Abiaz, Atai, Ziza at Selomit. 21 Minahal ni
Rehoboam si Maaca na anak ni Absalom nang higit sa lahat
ng kaniyang ibang mga asawa at sa kaniyang mga asawang
alipin (mayroon siyang labing-walong asawa at animnapung
asawang alipin at naging ama ng labing-walong mga anak
na lalaki at animnapung mga anak na babae). 22 Itinalaga
ni Rehoboam si Abias na anak ni Maaca upang maging
pinuno sa kaniyang mga kapatid. Naisip niyang gawing hari
si Abias. 23 Namuno ng may karunungan si Rehoboam,
ikinalat niya ang lahat ng kaniyang lalaking anak sa buong
lupain ng Juda at Benjamin hanggang sa mga matitibay
na lungsod. Binigyan rin niya sila ng saganang pagkain at
naghanap siya ng maraming asawa para sa kanila.

**12** Nangyari nang naging matatag na ang paghahari
ni Rehoboam at malakas siya, tinalikuran niya ang
mga kautusan ni Yahweh—kasama ang buong Israel. 2
Nangyari na sa ikalimang taon ng paghahari ni Haring
Rehoboam, sinalakay ni Shishak na hari ng Ehipto ang
Jerusalem dahil hindi naging tapat ang mga tao kay Yahweh.
3 Kasama niyang dumating ang kaniyang mga kawal na
isang libo at dalawang daang karwahe at animnapung libong
mangangabayo. Kasama niya ang hindi mabilang na mga
kawal mula sa Ehipto: mga taga-Libya, mga taga-Sukuim
at mga taga-Etiopia. 4 Sinakop niya ang mga matatag
na lungsod na pag-aari ng Juda at nakarating siya sa
Jerusalem. 5 Ngayon, pumunta ang propetang si Semaias
kay Rehoboam at sa mga pinuno ng Juda na nagtipun-
tipon sa Jerusalem dahil kay Shishak. Sinabi ni Semaias
sa kanila, “Ito ang sinasabi ni Yahweh. 'Tinalikuran ninyo
ako, kaya ibinigay ko rin kayo sa mga kamay ni Shishak.'”
6 Kaya nagpakumbaba ang mga prinsipe ng Israel at ang
hari at sinabi, “Matuwid si Yahweh.” 7 Nang makita ni
Yahweh na nagpakumbaba sila, nagsalita si Yaweh sa
pamamagitan ni Semaias, sinabi niya ito, “Nagpakumbaba
sila. Hindi ko sila pupuksain. Sasagipin ko sila sa ganap
na kapahamakan at hindi maibubuhos ang aking poot sa
Jerusalem sa pamamagitan ng mga kamay ni Shishak. 8
Gayon pa man, magiging mga tagapaglingkod niya sila,
upang maunawaan nila kung paano ang maglingkod sa akin
at ang maglingkod sa mga pinuno ng ibang mga bansa.” 9
Kaya nilusob ni Shishak na hari ng Egipto ang Jerusalem
at kinuha ang mga kayamanan sa tahanan ni Yahweh at
ang mga kayamanan sa bahay ng hari. kinuha niya ang
lahat, kinuha rin niya ang mga gintong kalasag na ginawa
ni Solomon. 10 Nagpagawa si Haring Rehoboam ng mga
tansong kalasag bilang kapalit ng mga ito at ipinagkatiwala
ang mga ito sa mga kamay ng pinuno ng mga tagabantay,
na nagbabantay ng mga pintuan sa bahay ng hari. 11
Nangyari na sa tuwing pumapasok ang hari sa tahanan ni
Yaweh, binubuhat ng mga tagabantay ang mga kalasag at
pagkatapos ay ibabalik sa silid ng mga tagabantay. 12 Nang
magpakumbaba si Rehoboam, nawala ang poot ni Yaweh
sa kaniya, at hindi na niya pinuksa si Rehoboam nang
lubusan; bukod dito may matatagpuan paring mabuti sa
Juda. 13 Kaya, pinalakas ni Haring Rehoboam ang kaniyang
paghahari sa Jerusalem at nagpatuloy ang kaniyang pagiging
hari. Apatnapu't isang taon si Rehoboam nang magsimula
siyang maghari, at naghari siya ng labing pitong taon sa
Jerusalem, ang lungsod na pinili ni Yaweh sa lahat ng mga
lipi ng Israel upang maipahayag ang kaniyang pangalan
doon. Naama ang pangalan ng kaniyang ina na isang
Ammonita. 14 Masama ang kaniyang ginawa, dahil hindi
niya itinuon ang kaniyang puso sa paghahanap kay Yahweh.
15 Tungkol sa iba pang mga bagay na may kinalaman kay
Rehoboam, mula umpisa at hanggang sa huli, hindi ba
isinulat ang mga ito sa sulat ng propetang si Semaias at ng
propetang si Iddo, na mayroon ding mga talaan ng mga
angkan at ang malimit na digmaan sa pagitan ni Rehoboam
at Jeroboam? 16 Namatay si Rehoboam at inilibing siyang

kasama ang kaniyang mga ninuno sa lungsod ni David. Si
Abija na kaniyang anak ang pumalit sa kaniya bilang hari.

13 Sa ika-labingwalong taon ni Haring Jeroboam,
nagsimulang maghari si Abias sa Judah. 2 Naghari siya
ng tatlong taon sa Jerusalem. Ang pangalan ng kaniyang ina
ay Maacah na anak ni Uriel na taga-Gibea. Nagkaroon ng
digmaan sa pagitan ni Abias at Jeroboam. 3 Nagtungo si
Abias sa digmaan dala ang malakas na hukbo, magigiting na
mga kawal at 400, 000 na piniling mga kalalakihan. Humanay
naman si Jeroboam laban sa kaniya ng 800, 000 na piling
mga kalalakihan, malalakas at magigiting na mga kawal. 4
Tumayo si Abias sa Bundok ng Zemaraim, sa may lupaing
maburol ng Efraim at nagsabi, "Makinig ka sa akin Jeroboam
at lahat ng Israel! 5 Hindi ba ninyo alam na si Yahweh, ang
Diyos ng Israel, ang nagbigay kay David ng pamumuno sa
buong Israel magpakailanman, sa kaniya at sa kaniyang
mga anak sa pamamagitan ng isang kasunduan? 6 Ngunit
si Jeroboam na anak na lalaki ni Nebat, ang lingkod ni
Solomon na anak ni David ay nakipaglaban at naghimagsik
sa kaniyang panginoon. 7 Mga walang kabuluhang lalaki na
mga hamak na tao ang nakipagtipon sa kaniya. Dumating
sila laban kay Rehoboam na anak ni Solomon, nang bata pa
si Rehoboam at walang pang karanasan at hindi sila kayang
tapatan. 8 Ngayon ay sinasabi ninyo na kaya ninyong
labanan ang makapangyarihang pamumuno ni Yahweh sa
kamay ng mga kaapu-apuhan ni David. Kayo ay isang
malaking hukbo at kasama ninyo ang mga ginintuang guya
na ginawa ni Jeroboam bilang mga diyos ninyo. 9 Hindi
ba't pinaalis ninyo ang mga pari ni Yahweh na mga anak ni
Aaron at ang mga Levita? Hindi ba gumawa kayo ng mga
pari para sa inyong sarili ayon sa pamamaraan ng ibang lahi
ng ibang lupain? Ang sinumang dumarating upang italaga
ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng isang batang toro at
pitong lalaking tupa ay maaaring maging isang pari sa mga
hindi tunay na diyos. 10 Ngunit para sa amin, si Yahweh
ang aming Diyos at hindi namin siya tinalikuran. Mayroon
kaming mga pari na mga anak ni Aaron na naglilingkod kay
Yahweh at ang mga Levita na nasa kanilang mga gawain.
11 Nagsusunog sila sa bawat umaga at gabi ng mga alay na
susunugin at mga mababangong insenso para kay Yahweh.
Sila rin ay naghahanda ng tinapay na handog sa ibabaw
ng dinalisay na hapag. Sinisindihan rin nila ang ilawang
gintong patungan upang ang mga ito ay magliwanag sa
bawat gabi. Sinusunod namin ang mga kautusan ni Yahweh
na aming Diyos, ngunit tinalikuran ninyo siya. 12 Tingnan
ninyo, kasama namin ang Diyos na siyang namumuno at
ang kaniyang mga pari ay narito dala ang mga trumpeta
upang magpatunog ng babala laban sa inyo. Bayang Israel,
huwag ninyong labanan si Yahweh, ang Diyos ng inyong
mga ninuno, sapagkat hindi kayo magtatagumpay." 13 Ngunit
naghanda si Jeroboam ng isang lihim na pagsalakay sa
kanilang likuran. Ang kaniyang hukbo ay nasa harapan ng
Juda at ang lihim na pagsalakay ay nasa kanilang likuran. 14
Nang lumingon sa likuran ang mga taga-Juda, nakita nila na
ang labanan ay parehong nasa kanilang harapan at likuran.
Sumigaw sila ng malakas kay Yahweh at hinipan ng mga pari
ang mga trumpeta. 15 At sumigaw ang mga kalalakihan ng
Juda at habang sumisigaw sila, nangyari nga na hinampas
ng Diyos si Jeroboam at ang lahat ng Israel sa harapan ni
Abias at ng taga-Juda. 16 Tumakas ang mga Israelita mula
sa Juda at ipinasakamay sila ng Diyos sa mga taga-Juda.
17 Pinatay sila ni Abias at ng kaniyang hukbo; 500, 000 na
piling lalaki ng Israel ang namatay. 18 Sa ganitong paraan,
natalo ang Israel nang panahong iyon. Nagtagumpay ang
mga taga-Juda dahil umasa sila kay Yahweh, ang Diyos
ng kanilang mga ninuno. 19 Tinugis ni Abias si Jeroboam
at sinakop niya ang mga lungsod mula sa kaniya, ang
Bethel, Jesana at Efron, kasama ang mga nayon ng mga
ito. 20 Hindi na nabawi ni Jeroboam ang kapangyarihan sa
panahon ng paghahari ni Abias, hinampas siya ni Yahweh at
namatay siya. 21 Subalit naging makapangyarihan si Abias,
nagkaroon siya ng labing-apat na asawa at naging ama ng
dalawampu't dalawang anak na lalaki at labing-anim na anak
na babae. 22 Ang iba pang ginawa at sinabi ni Abias ay
naisulat sa kasaysayan ni proteta Iddo.

14 Namatay si Abias at inilibing siya kasama ng kaniyang
mga ninuno sa lungsod ni David. Ang kaniyang anak
na si Asa ang naging hari. Sa kaniyang kapanahunan,
mapayapa ang lupain nang sampung taon. 2 Ginawa ni
Asa ang mabuti at matuwid sa paningin ni Yahweh na
kaniyang Diyos, 3 sapagkat tinanggal niya ang mga altar
ng mga diyus-diyosan at mga dambana. Giniba niya ang
mga sagradong batong poste at binuwal ang mga imahe ni
Ashera. 4 Inutusan niya ang mga taga-Juda na hanapin si
Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno at tuparin ang
kaniyang batas at mga kautusan. 5 Tinanggal din niya sa
lahat ng lungsod ng Juda ang mga dambana at ang mga altar
na sunugan ng insenso. Naging mapayapa ang kaharian sa
kaniyang pamamahala. 6 Nagpatayo siya ng matitibay na
pader sa lungsod ng Juda, sapagkat mapayapa ang lupain
at walang digmaan sa mga panahong iyon dahil binigyan
siya ni Yahweh ng kapayapaan. 7 Sapagkat sinabi ni Asa
sa Juda, "Itayo natin ang mga lungsod na ito at gumawa
tayo ng mga pader sa paligid nito, mga tore, tarangkahan
at rehas. Sa atin pa rin ang lupain dahil hinanap natin si
Yahweh na ating Diyos. Hinanap natin siya at binigyan niya
tayo ng kapayapaan sa bawat dako." Kaya nagtayo sila at
nagtagumpay. 8 May mga kawal si Asa na nagdadala ng

mga kalasag at mga sibat. Mula sa tribu ni Juda ay mayroon
siyang 300, 000 na tauhan at mula sa tribu ni Benjamin ay
280, 000 na tauhan na nagdadala ng mga kalasag at mga
pana. Malalakas at matatapang ang mga kalalakihang ito. **9**
Nilusob sila ni Zera na taga-Etiopia na may hukbong isang
milyong kawal at tatlong daang karwahe at nagtungo siya
sa Maresa. **10** Pagkatapos, lumabas si Asa upang harapin
siya at itinakda nila ang hanay para sa labanan sa lambak
ng Sefata at Maresa. **11** Tumangis si Asa kay Yahweh na
kaniyang Diyos at sinabi, "Yahweh, walang iba kundi ikaw
lamang ang tumutulong sa mga mahihina kapag humaharap
sa mga kaaway. Tulungan mo kami Yahweh na aming Diyos
sapagkat umaasa kami sa iyo at sa iyong pangalan, narito
kami laban sa ganito karaming bilang. Yahweh, ikaw ang
aming Diyos, huwag mong hayaang matalo ka ng tao." **12**
Kaya hinampas ni Yahweh ang mga taga-Etiopia sa harapan
ni Asa at ng Juda, tumakas ang mga taga-Etiopia. **13** Hinabol
sila ni Asa at ang kaniyang mga kawal hanggang Gerar.
Kaya marami sa mga taga-Etiopia ang namatay at ang iba ay
hindi na nakabawi pa, dahil lubos silang nawasak sa harapan
ni Yahweh at sa kaniyang hukbo. Marami ang nasamsam ng
hukbo. **14** Winasak ng hukbo ang lahat ng nayon sa paligid
ng Gerar, dahil natakot ang lahat ng naninirahan doon kay
Yahweh. Sinamsam ng hukbo ang lahat ng nayon at marami
silang nakuhang mahahalagang bagay. **15** Winasak din ng
hukbo ang mga toldang tinirhan ng mga pastol na pagala-
gala, kinuha nila ang napakaraming tupa, gayundin ang mga
kamelyo at bumalik na sila sa Jerusalem.

**15** Bumaba ang Espiritu ng Diyos kay Azarias na anak
na lalaki ni Oded. **2** Umalis siya upang makipagkita
kay Asa at sinabi sa kaniya, "Makinig ka sa akin Asa at
ang lahat ng mga tao sa tribu nina Juda at Benjamin.
Kasama ninyo si Yahweh habang kayo ay nasa kaniya.
Kung siya ay inyong hahanapin, matatagpuan ninyo siya.
Ngunit kung itatakwil ninyo siya, itatakwil rin niya kayo. **3**
Ngayon, sa napakahabang panahon, hindi kasama ng Israel
ang tunay na Diyos, walang nagtuturong pari at wala ang
kautusan ng Diyos. **4** Ngunit sa kanilang kagipitan, nagbalik-
loob sila kay Yahweh, ang Diyos ng Israel, hinanap nila si
Yahweh at siya ay natagpuan nila. **5** Sa mga panahong
iyon, walang kapayapaan sa taong naglalakbay palayo,
ni sa taong naglalakbay papunta roon. Sa halip, malaki
ang kapahamakang ang nasa lahat ng naninirahan sa
mga lupain. **6** Nagkawatak-watak sila, bansa laban sa
bansa at lungsod laban sa lungsod sapagkat pinahirapan
sila ng Diyos ng lahat ng uri ng pagdurusa. **7** Ngunit
magpakatatag kayo at huwag kayong panghinaan ng loob
sapagkat gagantimpalaan kayo sa inyong mga gawa." **8**
Nang marinig ni Asa ang mga salitang ito, ang propesiya
ni propeta Oded, lumakas ang kaniyang loob at ipinaalis
ang mga bagay na kasuklam-suklam sa buong lupain ng
Juda at Benjamin at sa mga lungsod na nabihag niya mula
sa bayan sa burol ng Efraim. Muli niyang ipinatayo ang
dambana ni Yahweh na nasa harapan ng portiko ng tahanan
ni Yahweh. **9** Tinipon niya ang lahat ng mga taga-Juda
at Benjamin at ang mga naninirahang kasama nila, mga
taong nagmula kay Efraim at Manases at Simeon. Sapagkat
nang makita nila na kasama niya si Yahweh na kaniyang
Diyos, napakarami nilang pumunta sa kaniya na nagmula
sa Israel. **10** Kaya nagtipun-tipon sila sa Jerusalem sa
ikatlong buwan, sa ika-labinlimang taon ng paghahari ni
Asa. **11** Nang araw na iyon, inihandog nila kay Yahweh
ang ilan sa kanilang mga nasamsam: pitong daang baka
at pitong libong tupa at mga kambing ang kanilang dinala.
**12** Gumawa sila ng kasunduan na hahanapin nila nang
buong puso at kaluluwa si Yahweh, ang Diyos ng kanilang
mga ninuno. **13** Nagkasundo sila na dapat ipapatay ang
sinumang tumangging hanapin si Yahweh, ang Diyos ng
Israel. Hamak man o dakila ang taong ito, lalaki man o
babae. **14** Nangako sila kay Yahweh nang may malakas
na tinig, may sigawan, may mga trumpeta at may mga
tambuli. **15** Nagalak ang buong Juda sa pangako, sapagkat
buong puso silang nangako kay Yahweh at hinanap nila ang
Diyos nang may buong pagnanais at siya ay natagpuan nila.
Binigyan sila ni Yahweh ng kapayapaan sa buong lupain.
**16** Inalis din niya sa pagiging reyna si Maaca na kaniyang
lola dahil gumawa siya ng kasuklam-suklam na imahe ng
diyosang si Ashera. Giniba ni Asa ang kasuklam-suklam
na imahe, dinurog niya iyon at sinunog sa batis ng Kidron.
**17** Ngunit hindi tinanggal ang mga dambana sa Israel.
Gayunpaman, naging tapat ang puso ni Asa noong mga
panahong nabubuhay pa siya. **18** Dinala niya sa tahanan ng
Diyos ang mga kagamitan ng kaniyang ama at ang kaniyang
sariling kagamitan na pag-aari ni Yahweh: mga pilak at mga
gintong kagamitan. **19** Wala nang digmaan hanggang sa ika-
tatlumpu't limang taon ng paghahari ni Asa.

**16** Sa ikatatlumpu't anim na taon ng paghahari ni Asa,
agrisibong kumilos si Baasa na hari ng Israel laban
sa Juda at itinayo ang Rama upang walang sinumang
makalabas o makapasok sa lupain ni Asa na hari ng Juda. **2**
Pagkatapos, kinuha ni Asa ang pilak at ginto mula sa silid
imbakan sa templo ni Yahweh at sa sambahayan ng hari at
ipinadala kay Ben-hadad, ang hari ng Aram na nakatira sa
Damascus. Sinabi niya, **3** "Magkaroon tayo ng kasunduan,
gaya ng aking ama at ng iyong ama. Tingnan mo, pinadalhan
kita ng pilak at ginto. Putulin mo na ang iyong kasunduan
kay Baasha na hari ng Israel, upang ako ay lubayan niya." **4**
Pinakinggan ni Ben-hadad si Haring Asa at ipinadala niya

ang mga pinuno ng kaniyang mga hukbo laban sa mga
lungsod ng Israel. Sinalakay nila ang Ijon, Dan at Abelmain
at ang imbakang lungsod ng Neftali. 5 Nang mabalitaan
ito ni Baasha, itinigil niya ang pagpapatayo sa Rama at
itinigil niya ang kaniyang gawain. 6 Pagkatapos, tinawag ni
haring Asa ang lahat ng Juda. Kinuha nila ang mga bato at
mga troso sa Rama na ginagamit ni Baasha sa pagtatayo
ng lungsod. Pagkatapos, ginamit ni Haring Asa ang mga
kagamitang iyon upang itayo ang Geba at Mizpah. 7 Sa
panahong iyon, pumunta ang manghuhulang si Hanani kay
Asa, ang hari ng Juda at sinabi sa kaniya, “Dahil umasa ka
sa hari ng Aram at hindi ka umasa kay Yahweh na iyong
Diyos, ang hukbo ng hari ng Aram ay nakatakas mula sa
iyong mga kamay. 8 Hindi ba malaking hukbo ang mga
taga-Ethiopia at mga taga-Libya na may mga napakaraming
karwahe at mangangabayo? Ngunit, dahil umasa ka kay
Yahweh, pinagtagumpay ka niya laban sa kanila. 9 Sapagkat
nagmamasid si Yahweh sa lahat ng dako ng mundo upang
ipakita niya ang kaniyang kapangyarihan sa ngalan ng mga
buong pusong nagtitiwala sa kaniya. Ngunit ikaw ay naging
hangal sa mga bagay na ito. Mula ngayon, makakaranas
ka ng digmaan.” 10 Pagkatapos, nagalit si Asa sa propeta;
ikinulong niya ito, sapagkat nagalit siya sa kaniya sa mga
bagay na ito. Sa araw na iyon, pinahirapan ni Asa ang ilan
sa mga tao. 11 Ang lahat ng mga ginawa ni Asa mula sa
umpisa hanggang sa wakas, tingnan ninyo, nakasulat ang
mga ito sa Aklat ng mga Hari ng Juda at Israel. 12 Sa
ikatatlumpu't siyam na taon ng kaniyang paghahari, si Asa ay
nagkaroon ng sakit sa paa; napakalubha ng kaniyang sakit.
Gayunpaman, hindi siya humingi ng tulong kay Yahweh,
kundi sa mga manggagamot lamang. 13 Namatay si Asa
kasama ang kaniyang mga ninuno; namatay siya nang
ikaapatnapu't isang taon ng kaniyang paghahari. 14 Inilibing
nila siya sa kaniyang sariling libingan, na ipinahukay niya
sa lungsod ni David para sa kaniyang. Inilagay siya sa
kabaong na puno ng mababangong amoy at iba't ibang uri
ng pabango na inihanda ng mga taong mahusay gumawa
ng pabango. Pagkatapos, gumawa sila ng napakalaking
apoy bilang parangal sa kaniya.

**17** Si Jehoshafat na kaniyang anak ang pumalit sa kaniya
bilang hari at nagpakalakas siya laban sa Israel. 2
Naglagay siya ng mga hukbo sa lahat ng pinatibay na lungsod
ng Juda at naglagay ng mga kampo sa lupain ng Juda at sa
mga lungsod ng Efraim na sinakop ng kaniyang amang si
Asa. 3 Kasama ni Jehoshafat si Yahweh dahil lumakad siya
sa unang kaparaanan ng kaniyang ama na si David at hindi
siya bumaling sa mga Baal. 4 Sa halip, nagtiwala siya sa
Diyos ng kaniyang ama, at lumakad siya ayon sa kaniyang
mga kautusan, hindi ayon sa gawain ng Israel. 5 Kaya
itinatag ni Yahweh ang pamamahala sa kaniyang kamay,
nagbigay ng parangal kay Jehoshafat ang lahat ng Juda.
Nagkaroon siya ng napakaraming yaman at karangalan. 6
Ang kaniyang puso ay nakatuon sa kaparaanan ni Yahweh.
Inalis din niya ang mga altar at imahen ni Ashera sa Juda. 7
Sa ikatlong taon ng kaniyang paghahari ipinadala niya ang
kaniyang mga opisyal na sina Benhayil, Obadias, Zecharias,
Netanel at Micaias upang magturo sa mga lungsod ng Judah.
8 Kasama nila ang mga Levita: Sina Semaias, Netanias,
Zebadias, Asahel, Semiramot, Jehonatan, Adonijas, Tobias
at Tobadonijas at kasama nila ang mga paring sina Elisama
at Jehoram. 9 Nagturo sila sa Juda, dala-dala Ang Aklat ng
Kautusan ni Yahweh. Nagtungo sila sa lahat ng lungsod ng
Juda at nagturo sa mga tao. 10 Nagkaroon ng Malaking
Takot kay Yahweh ang lahat ng kaharian ng mga lupaing
nasa palibot ng Juda kaya hindi sila nakipagdigma laban
kay Jehoshafat. 11 Nagdala ang ilang mga Palestina kay
Jehoshafat ng mga kaloob at pilak bilang pagkilala. Nagdala
din sa kaniya ang mga Arabo ng mga kawan, 7, 700 na
lalaking tupa at 7, 700 na kambing. 12 Naging labis na
makapangyarihan si Jehoshafat. Nagpatayo siya ng mga
matibay na tanggulan at imbakang lungsod sa Juda. 13
Nagkaroon siya ng maraming kagamitan sa mga lungsod
ng Juda at mga kawal—malalakas, matatapang na mga
lalaki—sa Jerusalem. 14 Ito ang listahan ng lahat sa kanila,
ayon sa pangalan ng sambahayan ng kanilang ama: Mula
sa Juda, ang mga pinuno ng libo; si Adna ang pinunong
kawal at kasama niya ang 300, 000 na lalaking panglaban;
15 sumunod sa kaniya si Jehohanan ang pinunong kawal at
kasama niya ang 280, 000 na lalaki; 16 sumunod sa kaniya
si Amasias na anak ni Zicri, na nagkusang-loob upang
maglingkod kay Yahweh at kasama niya ang 200, 000 na
lalaking panglaban. 17 Mula sa Benjamin: si Eliada isang
makapangyarihan na lalaking matapang at kasama niya
ang 200, 000 na may dalang mga pana at panangga; 18
sumunod sa kaniya si Jehosabad at kasama niya ang 180,
000 na handa sa pakikipagdigma. 19 Ito ang mga naglingkod
sa hari, maliban pa sa mga inilagay ng hari sa mga pinatibay
na lungsod sa buong Juda.

**18** Ngayon, nagkaroon ng maraming kayamanan at
karangalan si Jehoshafat. Umanib siya kay Ahab sa
pamamagitan ng pagpapakasal ng isa sa kaniyang pamilya
sa anak na babae ni Ahab. 2 Pagkatapos ng ilang taon,
bumaba siya sa Samaria kung nasaan si Ahab. Nagkatay
si Ahab ng maraming tupa at mga baka para sa kaniya
at para sa mga taong kasama niya. Hinikayat din siya ni
Ahab na lusubin ang Ramot-gilead kasama niya. 3 Sinabi
ni Ahab, na hari ng Israel, kay Jehoshafat, na hari ng
Juda, “Sasama ka ba sa akin sa Ramot-gilead?” Sumagot

si Jehoshafat sa kaniya, “Ako ay gaya mo at ang aking
mga tao ay gaya ng iyong mga tao, sasamahan namin
kayo sa digmaan.” **4** Sinabi ni Jehoshafat sa hari ng Israel,
“Pakiusap alamin mo muna ang salita ni Yahweh para sa
kasagutan.” **5** Pagkatapos, tinipon ng hari ng Israel ang mga
propeta, apat na raang lalaki, at sinabi sa kanila, “Dapat
ba tayong pumunta sa Ramot-gilead upang makipagdigma
o hindi dapat?” Sinabi nila, “Sumalakay kayo, sapagkat
ibibigay ng Diyos sa hari ang tagumpay.” **6** Ngunit sinabi ni
Jehoshafat, “Wala na bang ibang propeta ni Yahweh dito
na maaari nating hingian ng payo? **7** Sinabi ng hari ng
Israel kay Jehoshafat, “Mayroon pang isang tao na maaari
nating hingian ng payo ni Yahweh, si Micaias na anak ni
Imla ngunit kinamumuhian ko siya dahil kahit kailan ay hindi
siya nagpahayag ng magandang propesiya tungkol sa akin
kundi mga paghihirap lamang.” Ngunit sinabi ni Jehoshafat,
“Huwag naman sanang sabihin ng hari iyan.” **8** Pagkatapos,
tinawag ng hari ng Israel ang isang opisyal at iniutos, “Dalhin
mo dito si Micaias na anak ni Imla, ngayon din.” **9** Ngayon
ang hari ng Israel at si Jehoshafat na hari ng Juda ay
nakaupo sa kani-kanilang trono, suot ang kanilang damit na
panghari, sa lantad na lugar sa pasukan ng tarangkahan ng
Samaria, at lahat ng propeta ay nagpapahayag ng propesiya
sa harap nila. **10** Si Zedekias na anak ni Quenaana ay
gumawa ng mga sungay na bakal at sinabi, “Sinabi ni
Yahweh ito: 'Sa pamamagitan nito itutulak mo ang mga
taga-Aram hanggang sa sila ay maubos.'” **11** At pareho ang
ipinahayag ng lahat ng propeta, sinasabi, “Salakayin ninyo
ang Ramot-gilead at magtagumpay, sapagkat ibinigay ito ni
Yahweh sa kamay ng hari.” **12** Ang mensahero na pumunta
upang tawagin si Micaias ay nagsalita sa kaniya, sinasabi,
“Ngayon tingnan mo, ang mga salita ng mga propeta ay
naghahayag ng mabubuting bagay sa hari na iisa ang
sinasabi. Pakiusap hayaan mong ang iyong salita ay maging
tulad ng salita ng isa sa kanila at sabihin mo ang mabubuting
bagay.” **13** Sumagot si Micaias, “Sa ngalan ni Yahweh na
buhay magpakailanman, ang sinasabi ng Diyos ang aking
sasabihin.” **14** Nang dumating siya sa hari, sinabi ng hari
sa kaniya, “Micaias, dapat ba kaming pumunta sa Ramot-
gilead upang makipagdigma o hindi?” Sumagot si Micaias sa
kaniya, “Sumalakay kayo at maging matagumpay! Sapagkat
ito ay magiging malaking tagumpay.” **15** Pagkatapos, sinabi
ng hari sa kaniya, “Ilang beses ba kitang dapat utusan
na mangakong wala kang ibang sasabihin sa akin kundi
ang katotohanan sa ngalan ni Yahweh?” **16** Kaya sinabi ni
Micaias, “Nakita ko ang lahat ng Israel na nagkalat sa mga
bundok gaya ng tupa na walang pastol, at sinabi ni Yahweh,
'Ang mga ito ay walang pastol. Hayaang umuwi ang bawat
tao sa kaniyang bahay ng payapa.'” **17** Kaya sinabi ng hari
ng Israel kay Jehoshafat, “Hindi ba sinabi ko sa iyo na hindi
siya maghahayag ng magandang propesiya tungkol sa akin,
kundi kapahamakan lamang?” **18** Pagkatapos ay sinabi ni
Micaias, “Kaya dapat pakinggan ninyong lahat ang salita ni
Yahweh: Nakita ko si Yahweh na nakaupo sa kaniyang trono,
at lahat ng hukbo ng langit ay nakatayo sa kaniyang kanang
kamay at sa kaniyang kaliwa. **19** Sinabi ni Yahweh, “Sino
ang mag-uudyok kay Ahab na hari ng Israel upang siya ay
pumunta at bumagsak sa Ramot-gilead?' At sumagot ang isa
sa ganitong paraan, at ang isa pa ay sumagot sa ganoong
paraan. **20** Pagkatapos ay pumunta sa harap ang espiritu,
tumayo sa harap ni Yahweh at sinabi, 'Ako ang mag-uudyok
sa kaniya.' Sinabi ni Yahweh sa kaniya, 'Paano?' **21** Sumagot
ang espiritu, 'Lalabas ako at magiging isang sinungaling
na espiritu sa bibig ng lahat ng kaniyang mga propeta.'
Sumagot si Yahweh, 'Ikaw ang mag-uudyok sa kaniya at
magtatagumpay ka. Pumunta ka na ngayon at gawin mo.' **22**
Ngayon tingnan mo, naglagay si Yahweh ng sinungaling na
espiritu sa bibig ng mga propeta mo, at iniutos ni Yahweh
ang kapahamakan para sa iyo.” **23** Pagkatapos, lumapit
si Zedekias na anak ni Quenaana at sinampal sa pisngi si
Micaias, at sinabi, “Saan dumaan ang Espiritu ni Yahweh na
umalis mula sa akin upang magsalita sa iyo?” **24** Sinabi ni
Micaias, “Tingnan mo, malalaman mo iyan sa araw na ikaw
ay tatakbo sa pinakaloob na silid upang magtago.” **25** Sinabi
ng hari ng Israel sa ilang utusan, “Kayong mga tao, hulihin
ninyo si Micaias at dalhin kay Ammon, na gobernador ng
lungsod, at kay Joas na aking anak. **26** Sasabihin ninyo
sa kaniya, 'Sinabi ng hari, Ikulong mo ang lalaking ito at
pakainin siya ng kaunting tinapay at kaunting tubig lamang,
hanggang sa makabalik ako nang ligtas.'” **27** Pagkatapos
ay sinabi ni Micaias, “Kung babalik ka nang ligtas, kung
gayon ay hindi nagsalita si Yahweh sa pamamagitan ko.” At
idinagdag niya, “Makinig kayo rito, lahat kayong mga tao.”
**28** Kaya si Ahab, ang hari ng Israel, at si Jehoshafat, ang
hari ng Juda, ay nakipaglaban sa Ramot-gilead. **29** Sinabi
ng hari ng Israel kay Jehoshafat, “Magbabalatkayo ako at
pupunta sa labanan, ngunit isuot mo ang iyong damit na
panghari.” Kaya nagbalatkayo ang hari ng Israel, at pumunta
sa labanan. **30** Nagutos ang hari ng Aram sa mga kapitan
ng kaniyang karwahe, sinasabi, “Huwag ninyong salakayin
ang mga hindi mahalaga o mahalagang kawal. Sa halip,
salakayin lamang ninyo ang hari ng Israel.” **31** At nangyari,
nang nakita ng mga kapitan ng karwahe si Jehoshafat, sinabi
nila, “Iyon ang hari ng Israel.” Umikot sila upang salakayin
siya, ngunit sumigaw si Jehoshafat, at tinulungan siya ni
Yahweh. Pinaalis sila ni Yahweh palayo sa kaniya. **32** At
nangyari, nang nakita ng mga kapitan ng karwahe na hindi
iyon ang hari ng Israel, tumigil sila sa paghahabol sa kaniya.

33 Ngunit may isang taong humatak sa kaniyang pana nang
sapalaran at tinamaan ang hari ng Israel, sa pagitan ng
pinagdugtungan ng kaniyang baluti. Pagkatapos ay sinabi ni
Ahab sa nagpapatakbo ng kaniyang karwahe, “Lumiko ka at
dalhin mo ako palayo sa labanan, sapagkat malubha akong
nasugatan.” 34 Lumala ang labanan sa araw na iyon, at ang
hari ng Israel ay nanatili sa kaniyang karwahe na nakaharap
sa mga taga-Aram hanggang gabi. Nang lumulubog na ang
araw, namatay siya.

**19** Bumalik nang ligtas si Jehoshafat na hari ng Juda sa
kaniyang bahay sa Jerusalem. 2 Lumabas si propetang
Jehu na anak ni Hanani upang salubungin siya at sinabi kay
Haring Jehoshafat, “Dapat mo bang tulungan ang masama?
Dapat mo bang mahalin ang mga namumuhi kay Yahweh?
Dahil sa ginawa mong ito, nasa iyo ang galit mula kay
Yahweh. 3 Gayon pa man, may ilang mabuting makikita
sa iyo, iyon ay ang pagtanggal mo ng mga imahen ni
Ashera palabas sa lupain, at itinakda mo ang iyong puso na
hanapin ang Diyos.” 4 Sa Jerusalem tumira si Jehoshafat, at
muli niyang pinuntahan ang mga tao, mula sa Beer-seba
hanggang sa burol na lupain ng Efraim at pinanumbalik sila
kay Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno. 5 Naglagay
siya ng mga hukom sa lupain, sa bawat pinatibay na lungsod
ng Juda. 6 Sinabi niya sa mga hukom, “Pag-aralan ninyo
ang dapat ninyong gawin, dahil hindi kayo humahatol para
sa mga tao, ngunit para kay Yahweh, siya ay nasa inyo
sa paghahatol. 7 At ngayon, hayaan ninyong ang takot
kay Yahweh ang sumainyo. Maging maingat kapag kayo
ay hahatol, sapagkat walang kawalan ng katarungan kay
Yahweh na ating Diyos, ni walang pinapanigan o pagtanggap
ng suhol.” 8 Bukod dito, nagtalaga si Jehoshafat ng ilan
sa mga Levita at mga pari sa Jerusalem, at ilan sa mga
pinuno ng mga sinaunang sambahayan ng Israel, para sa
pagsasagawa ng paghatol para kay Yahweh, at para sa
mga pagtatalo. Tumira sila sa Jerusalem. 9 Tinagubilinan
niya sila, sinasabi, “Bilang paggalang kay Yahweh, ito ang
gagawin ninyo nang tapat at may matuwid na puso: 10
Kapag may dumating na pagtatalo mula sa inyong mga
kapatid na nakatira sa kanilang lungsod, kung dahil sa
pagdanak ng dugo, kung dahil sa mga batas o kautusan,
palatuntunan o utos, dapat ninyo silang balaan upang hindi
sila magkasala laban kay Yahweh, at upang ang galit ay
hindi bumaba sa inyo at sa inyong mga kapatid. Kung
kikilos kayo sa ganitong paraan, hindi kayo magkakasala.
11 Tingnan ninyo, si Amarias na pinakapunong pari ang
siyang mangangasiwa sa inyo sa lahat ng bagay na nauukol
kay Yahweh. Si Zebedias na anak ni Ismael na pinuno ng
sambahayan ng Juda, ang mamamahala sa lahat ng bagay
patungkol sa hari. Gayon din naman, ang mga Levita ay
magiging opisyal na maglilingkod sa inyo. Kumilos nang may
tapang, at manahan nawa si Yahweh sa mga mabubuti.

**20** At nangyari pagkatapos nito, ang mga tao sa Moab at
Ammon, kasama ang ilang mga Meunita ay dumating
upang makipagdigma laban kay Jehoshafat. 2 At may
ilang dumating na nagsabi kay Jehoshafat, “May isang
malaking grupo ng mga tao ang paparating laban sa iyo
mula sa ibayo ng Dagat na Patay, sa Aram. Tingnan mo, sila
ay nasa Hazazon-tamar” (ito ay ang En-gedi). 3 Natakot
si Jehoshafat at itinalaga niya ang kaniyang sarili upang
hanapin si Yahweh. Nagpahayag siya ng pag-aayuno sa
buong Juda. 4 Nagtipun-tipon ang Juda upang hanapin
si Yahweh; dumating sila upang hanapin si Yahweh mula
sa lahat ng lungsod ng Juda. 5 Tumayo si Jehoshafat sa
kapulungan ng Juda at Jerusalem, sa tahanan ni Yahweh,
sa harap ng bagong patyo. 6 Sinabi niya, “Yahweh, ang
Diyos ng aming mga ninuno, hindi ba ikaw ang Diyos ng
kalangitan? At hindi ba ikaw ang namumuno sa lahat ng
kaharian ng mga bansa? Ang kapangyarihan at kalakasan
ay nasa iyong kamay, kaya walang sinuman ang makakatalo
sa iyo. 7 Aming Diyos, hindi ba ikaw ang nagpalayas sa
mga naninirahan sa lupaing ito bago ang bayan mong Israel
upang ibigay ito magpakailanman sa mga kaapu-apuhan ni
Abraham? 8 Nanirahan sila dito at ipinagpatayo ka ng isang
banal na lugar para sa iyong ngalan, nagsasabi, 9 “Kung
dumating ang sakuna sa amin, ang tabak ng paghatol, o
karamdaman, o tag-gutom, kami ay tatayo sa harap ng
tahanang ito, at sa harap mo (dahil ang iyong ngalan ay
nasa tahanang ito), at kami ay dadaing sa iyo sa aming
mga paghihirap, at maririnig mo kami at ililigtas. 10 Ngayon
tingnan mo, narito ang mga tao ng Ammon, Moab, at Bundok
ng Seir, na hindi mo hinayaang malusob ng Israel nang sila
ay umalis sa lupain ng Ehipto, sa halip, tumalikod sa kanila
ang Israel at hindi sila winasak. 11 Tingnan mo kung paano
nila kami gantihan; sila ay darating upang palayasin kami sa
iyong lupain na ibinigay mo sa amin upang manahin. 12
Aming Diyos, hindi mo ba sila hahatulan? Dahil wala kaming
kakayahan laban sa malaking hukbo na ito na paparating
laban sa amin. Hindi namin alam kung ano ang aming
gagawin, ngunit ang aming mga mata ay nasa iyo.” 13
Lahat ng Juda ay tumayo sa harapan ni Yahweh, kasama
ang kanilang mga sanggol, mga asawang babae, at mga
anak. 14 At sa kalagitnaan ng kapulungan, ang espiritu
ni Yahweh ay dumating kay Jahaziel na lalaking anak ni
Zacarias na lalaking anak ni Benaias na lalaking anak ni
Jeiel na lalaking anak ni Matanias, na isang Levita, isa sa
mga lalaking anak ni Asaf. 15 Sinabi ni Jahaziel, “Makinig,
lahat ng Juda at kayong lahat na naninirahan sa Jerusalem,
at Haring Jehoshafat: Ito ang sinasabi sa inyo ni Yahweh:

'Huwag kayong matakot, huwag kayong panghinaan ng loob dahil sa malaking hukbo na ito. Dahil ang laban ay hindi sa inyo kundi sa Diyos. **16** Kailangan ninyong bumaba laban sa kanila bukas. Tingnan ninyo, sila ay paparating mula sa daan ng Ziz. Makikita ninyo sila sa dulo ng lambak, bago ang ilang sa Jeruel. **17** Hindi ninyo kailangang makipaglaban sa labanan na ito. Manatili lamang kayo sa inyong kinatatayuan, manatiling nakatayo, at makikita ninyo ang pagliligtas ni Yahweh sa inyo, mga Juda at Jerusalem. Huwag kayong matakot o panghinaan ng loob. Lumabas kayo laban sa kanila bukas, dahil kasama ninyo si Yahweh." **18** Yumuko si Jehoshafat na ang kaniyang mukha ay nasa lupa. At ang lahat ng Judah at mga naninirahan sa Jerusalem ay lumuhod sa harap ni Yahweh na nagpupuri sa kaniya. **19** Ang mga Levita, ang mga angkan ni Kohat at Korah ay tumayo upang papurihan si Yahweh, ang Diyos ng Israel na may napakalakas na tinig. **20** Kinabukasan, maaga pa lamang ay gumising na sila at lumabas patungo sa disyerto ng Tekoa. Sa kanilang pag-alis, si Jehoshafat ay tumayo at nagsabi, "Makinig kayo sa akin, Juda, at kayo na mga naninirahan sa Jeruslaem! Magtiwala kayo kay Yahweh, ang inyong Diyos, at kayo ay tutulungan. Magtiwala kayo sa kaniyang mga propeta, at kayo ay magtatagumpay." **21** Nang masabihan niya ang mga tao, itinalaga niya ang mga aawit kay Yahweh at magpupuri para sa kaniyang banal na kaluwalhatian, na mauuna bago ang mga hukbo, at magsasabi, "Pasalamatan si Yahweh; dahil ang kaniyang tipan ng katapatan mananatili magpakailanman." **22** Nang nagsimula silang umawit at magpuri, nagtalaga si Yahweh ng mga kalalakihang lihim na sasalakay sa mga tao ng Ammon, Moab, at Bundok ng Seir na paparating laban sa Juda. Sila ay natalo. **23** Dahil ang mga tao ng Ammon at Moab ay dumating upang labanan ang mga naninirahan sa Bundok ng Seir, upang tuluyan silang patayin at wasakin. Nang matapos sila sa mga naninirahan ng Bundok ng Seir, nagtulungan silang lahat upang wasakin ang bawat isa. **24** Nang makarating ang Juda sa isang lugar kung saan natatanaw ang disyerto, nakita nila ang mga hukbo. Sila ay patay na, nakahandusay sa lupa; walang nakaligtas. **25** Nang lumapit si Jehoshafat at ang kaniyang mga tao upang mangsamsam sa kanila, nakita nila ang napakaraming kayamanan at mahahalagang hiyas na kanilang sinamsam para sa kanilang mga sarili, higit pa sa kaya nilang buhatin. Umabot sila ng tatlong araw upang makuha ang mga nasamsam, napakarami nito. **26** Sa ika-apat na araw, nagtipun-tipon sila sa lambak ng Beracah. Doon sila nagpuri kay Yahweh, kaya ang pangalan ng lugar na iyon ay "Lambak ng Beracah" hanggang sa araw na ito. **27** Pagkatapos, sila ay bumalik, bawat kalalakihan ng Juda at Jerusalem, at sa pangunguna sa kanila ni Jehoshafat sila ay bumalik sa Jerusalem ng may galak; sapagkat pinagalak sila Yahweh sa kanilang mga kaaway. **28** Dumating sila sa Jerusalem at sa tahanan ni Yahweh na may mga lira, alpa, at trumpeta. **29** Ang malaking takot sa Diyos ay nasa lahat ng kaharian ng mga bansa nang kanilang marinig na si Yahweh ang nakipaglaban sa mga kaaway ng Israel. **30** Kaya ang kaharian ni Jehoshafat ay tahimik, sapagkat binigyan siya ng Diyos ng kapayapaan sa palibot niya. **31** Si Jehoshafat ang naghari sa Juda: siya ay nasa tatlumput' limang taong gulang nang siya ay nagsimulang maghari, at naghari siya sa Jerusalem sa loob ng dalawamput' limang taon. Ang pangalan ng kaniyang ina ay Azuba, ang babaeng anak ni Silhi. **32** Lumakad siya sa mga kaparaanan ni Asa, ang kaniyang ama; hindi niya tinalikuran ang mga ito; ginawa niya kung ano ang tama sa paningin ni Yahweh. **33** Gayunman, ang mga altar ay hindi pa inaalis o ni hindi pa itinuon ng mga tao ang kanilang mga puso sa Diyos ng kanilang mga ninuno. **34** Para sa iba pang mga bagay tungkol kay Jehoshafat, mula una at hanggang sa huli, tingnan, nakasulat ito sa kasaysayan ni Jehu na lalaking anak ni Hanani, na nakatala sa Aklat ng mga Hari ng Israel. **35** Pagkatapos nito, si Jehoshafat, ang hari ng Juda ay nakipagkasundo kay Ahazias, ang hari ng Israel, na nagsasagawa ng labis na kasamaan. **36** Nakipagkasundo siya sa kaniya upang gumawa ng mga barkong pangkaragatan. Ginawa nila ang mga barko sa Ezion-geber. **37** At si Eliezer, ang lalaking anak ni Dodavahu sa Maresa ay nagpahayag ng propesiya laban kay Jehoshafat; sinabi niya, "Dahil nakipagkasundo ka kay Ahazias, winasak ni Yahweh ang inyong mga ginawa." Winasak ang mga barko kaya hindi sila nakapaglayag.

**21** Si Jehoshafat ay namahinga kasama ang kaniyang mga ninuno at inilibing kasama nila sa lungsod ni David; si Jehoram, na kaniyang anak ang pumalit sa kaniya bilang hari. **2** Si Jehoram ay may mga kapatid na lalaki, ang mga lalaking anak ni Jehoshafat ay sina Azarias, Jehiel, Zacarias, Azarias, Micael at Sefatias. Ang lahat ng ito ay mga lalaking anak ni Jehoshafat na hari ng Israel. **3** Binigyan sila ng kanilang ama ng mga malalaking handog na pilak, ginto, at iba pang mga mahahalagang bagay, at gayundin ang mga matitibay na lungsod sa Juda; gayunman, ibinigay niya ang trono kay Jehoram dahil siya ang panganay. **4** Ngayon, nang si Jehoram ay naghari sa kaharian ng kaniyang ama at matatag na itinalaga ang kaniyang sarili bilang hari, pinatay niya ang lahat ng kaniyang mga kapatid na lalaki gamit ang tabak, at ang lahat din na iba pang mga pinuno ng Israel. **5** Si Jehoram ay nasa tatlumpu't dalawang taong gulang nang siya ay nagsimulang maghari, at naghari siya ng walong taon sa Jerusalem. **6** Siya ay lumakad sa mga kaparaanan ng mga hari ng Israel gaya ng ginagawa ng sambahayan ni

Ahab; dahil nasa kaniya ang babaeng anak ni Ahab bilang
kaniyang asawa; at ginawa niya kung ano ang masama
sa paningin ni Yahweh. **7** Gayunman, ayaw ni Yahweh na
wasakin ang sambahayan ni David, dahil sa kasunduan na
kaniyang ginawa kay David; siya ay nangako na lagi siyang
bibigyan ng buhay at ang kaniyang mga kaapu-apuhan. **8**
Sa mga araw ni Jehoram, naghimagsik ang Edom mula
sa kapangyarihan ng Juda, at nagtalaga sila ng kanilang
sariling hari. **9** At tumawid si Jehoram kasama ang kaniyang
mga pinuno at ang lahat ng kaniyang karwahe. Nangyari na,
siya bumangon nang gabi at sinalakay ang mga Edom na
pumalibot sa kaniya at ang mga pinuno ng mga karwahe. **10**
Kaya nagrebelde ang Edom mula sa kapangyarihan ng Juda
hanggang sa araw na ito. Sumabay ding naghimagsik ang
Libna mula sa kaniyang kapangyarihan, dahil si Jehoram
ay tumalikod kay Yahweh, ang Diyos ng kaniyang mga
ninuno. **11** Dagdag pa nito, nagtayo rin si Jehoram ng mga
dambana sa mga bundok ng Juda; Pinakilos niya ang mga
naninirahan sa Jerusalem na tulad ng isang nagbebenta
ng aliw. Sa ganitong paraan, iniligaw niya ang Juda. **12**
Isang liham mula kay propetang Elias ang dumating para
kay Jehoram. Sabi sa liham, "Ito ang sinabi ni Yahweh, ang
Diyos ni David na iyong ninuno: Dahil hindi ka lumakad sa
kaparaanan ni Jehoshafat na iyong ama, o sa kaparaanan
ni Asa na hari ng Juda, **13** sa halip ay lumakad ka sa
kaparaanan ng mga hari ng Israel, at nagdulot sa Juda at
ang mga naninirahan sa Jerusalem upang kumilos na gaya
ng nagbebenta ng aliw, na tulad ng ginawa ng tahanan ni
Ahab, at dahil pinatay mo rin gamit ng tabak ang iyong
mga lalaking kapatid sa pamilya ng iyong ama, ang mga
kalalakihan na mas mabuti kaysa sa iyong sarili, **14** tingnan
mo, ipapadanas ni Yahweh ang matinding salot sa iyong
mga tao, mga anak, mga asawa at ang lahat ng iyong
mga kayamanan. **15** Magkakaroon ka ng malubhang sakit
dahil sa isang karamdaman sa iyong bituka, hanggang sa
lumabas ang iyong bituka dahil sa sakit, araw-araw." **16**
Inudyukan ni Yahweh ang mga espiritu ng mga Filisteo
at ng mga Arabo na malapit sa Etiopia upang labanan si
Jehoram. **17** Sinalakay nila ang Juda, nilusob ito at kinuha
ang lahat ng kayamanan na natagpuan sa sambahayan ng
hari. Kinuha rin nila ang kaniyang mga anak na lalaki at ang
kaniyang mga asawa. Walang naiwan na lalaking anak sa
kaniya maliban kay Ahazias, ang kaniyang bunsong anak. **18**
Matapos ang lahat ng ito, binigyan siya ni Yahweh ng isang
hindi malunasang karamdaman sa kaniyang bituka. **19** At
nangyari na sa takdang panahon, pagkalipas ng dalawang
taon, ang kaniyang bituka ay lumabas dahil sa kaniyang
sakit at namatay siya dahil sa malubhang karamdaman.
Ang kaniyang mga tao ay hindi nagsunog bilang parangal
sa kaniya gaya ng kanilang ginawa para sa kaniyang mga
ninuno. **20** Nagsimula siyang maghari nang siya ay tatlumpu't
dalawang taong gulang; naghari siya sa Jerusalem ng
walong taon at namatay siya nang walang nagdalamhati.
Siya ay kanilang inilibing sa lungsod ni David, ngunit hindi
sa mga libingan ng mga hari.

**22** Hinirang ng mga naninirahan sa Jerusalem si Ahazias
na bunsong anak ni Jehoram bilang hari kapalit niya;
sapagkat pinatay ng pangkat ng mga kalalakihang dumating
sa kampo na kasama ng mga Arabo ang kaniyang mga
nakatatandang anak na lalaki. Kaya naging hari si Ahazias
na anak ni Jehoram na hari ng Juda. **2** Apatnapu't dalawang
taong gulang si Ahazias nang siya ay nagsimulang maghari;
naghari siya ng isang taon sa Jerusalem. Ang pangalan ng
kaniyang ina ay Atalia; siya ang babaeng anak ni Omri. **3**
Siya ay lumakad din sa mga kaparaanan ng sambahayan ni
Ahab dahil ang kaniyang ina ang tagapayo sa paggawa ng
mga masasamang bagay. **4** Ginawa ni Ahazias ang mga
masasamang bagay sa paningin ni Yahweh, tulad ng mga
ginagawa ng sambahayan ni Ahab dahil sila ang kaniyang
mga naging tagapayo matapos mamatay ang kaniyang ama,
sa kaniyang pagkawasak. **5** Sinunod din niya ang kanilang
mga payo; sumama siya kay Joram na lalaking anak ni Ahab
na hari ng Israel, upang labanan si Hazael na hari ng Aram,
sa Ramot-gilead. Nasugatan ng mga taga-Aram si Joram.
**6** Si Joram ay bumalik sa Jezreel upang magamot ang
kaniyang mga sugat na kaniyang nakuha sa Ramah, nang
lumaban siya kay Hazael na hari ng Aram. Kaya si Ahazias
na lalaking anak ni Jehoram na hari ng Juda ay bumaba sa
Jezreel upang makita si Joram na lalaking anak ni Ahab,
dahil si Joram ay sugatan. **7** Ngayon, ang pagkawasak ni
Ahazias ay kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pagbisita
ni Ahazias kay Joram. Nang siya ay dumating, pumunta siya
kasama ni Jehoram upang salakayin si Jehu na lalaking
anak ni Namsi, ang pinili ni Yahweh upang wasakin ang
sambahayan ni Ahab. **8** Nangyari nga, nang dala-dala ni
Jehu ang kahatulan sa sambahayan ni Ahab, natagpuan
niya ang mga pinuno ng Juda at ang mga lalaking anak
ng kapatid ni Ahazias na naglilingkod kay Ahazias. Sila ay
pinatay ni Jehu. **9** Hinanap ni Jehu si Ahazias; nahuli nilang
nagtatago siya sa Samaria, dinala siya kay Jehu at siya
ay pinatay. At siya ay kanilang inilibing, dahil sinabi nila,
"Siya ay anak ni Jehoshafat, na buong pusong sumunod kay
Yahweh." Kaya ang sambahayan ni Ahazias ay wala nang
kapangyarihan upang mamuno sa kaharian. **10** Ngayon,
nang makita ni Atalia, ang ina ni Ahazias, na patay na ang
kaniyang anak, kumilos siya at pinatay ang lahat ng anak ng
hari sa sambahayan ng Juda. **11** Ngunit si Jehosabet, isang
babaeng anak ng hari ay kinuha si Joas, isang lalaking anak

ni Ahazias, at matapang niyang tinakas mula sa mga anak
ng hari na pinatay. Inilagay siya sa isang silid kasama ang
kaniyang tagapag-alaga. Kaya itinago siya ni Jehosabet,
isang babaeng anak ni Haring Jehoram, at asawa ng paring
si Joiada (sapagkat siya ay kapatid ni Ahazias), mula kay
Atalia, kaya hindi siya napatay ni Atalia. 12 Siya ay kasama
nila, nakatago sa bahay ng Diyos sa loob ng anim na taon,
habang si Atalia ang namumuno sa buong lupain.

**23** Sa ika-pitong taon, naging makapangyarihan si Joiada.
Nakipagkasundo siya sa mga pinuno ng hukbo ng
daan-daan, sina Azarias na anak na lalaki ni Jeroham, Ismael
na anak na lalaki ni Jehohanan, Azarias na anak na lalaki ni
Obed, Maasias na anak na lalaki ni Adaya at si Elisafat na
anak na lalaki ni Zicri. 2 Nilibot nila ang Juda at tinipon ang
mga Levita mula sa lahat ng lungsod ng Juda, gayundin ang
mga pinuno ng mga sinaunang sambahayan ng Israel, at
nakarating sila sa Jerusalem. 3 Nakipagkasundo ang buong
kapulungan sa hari sa tahanan ng Diyos. Sinabi ni Joiada sa
kanila," Tingnan ninyo, maghahari ang anak ng hari, gaya ng
sinabi ni Yahweh tungkol sa mga kaapu-apuhan ni David. 4
Ito ang dapat ninyong gawin: ang ikatlong bahagi ng mga
pari at ng mga Levita na pupunta upang maglingkod sa Araw
ng Pamamahinga ay magiging mga bantay sa mga pintuan.
5 Ang isa pang ikatlong bahagi ay sa bahay ng hari; at ang
natirang ikatlo ay sa Saligang Tarangkahan. Ang lahat ng
tao ay pupunta sa patyo ng tahanan ni Yahweh. 6 Walang
papasok sa tahanan ni Yahweh, maliban sa mga pari at
mga Levita na naglilingkod; dapat silang pumasok, sapagkat
naitalaga sila para sa kanilang gawain sa ngayon. Dapat
nilang sundin ang lahat ng utos ni Yahweh. 7 Dapat palibutan
ng mga Levita ang hari sa lahat ng mga panig, ang bawat tao
ay may sandata sa kanilang kamay. Patayin ang sinumang
papasok sa tahanan. Samahan ninyo ang hari kapag siya
ay papasok at kapag siya ay lalabas." 8 Kaya naglingkod
ang mga Levita at lahat ng Juda sa bawat kaparaanang
iniutos ng pari na si Joiada. Isinama ng bawat isa ang
kanilang mga tauhan, sila na papasok upang maglingkod sa
Araw ng Pamamahinga, at sila na aalis sa paglilingkod sa
Araw ng Pamamahinga; sapagkat hindi pinauwi ni Joiada
ang kanilang mga pangkat. 9 At binigyan ni Joiada na pari
ang mga pinuno ng hukbo ng mga sibat, at mga maliliit at
malalaking panangga, na pag-aari ni haring David, na nasa
tahanan ng Diyos. 10 Inilagay ni Joiada ang lahat ng kawal,
ang bawat isa sa kanila ay may hawak na sandata, mula sa
kanang bahagi ng templo hanggang sa kaliwang bahagi ng
templo, sa tabi ng altar at sa templo, na pinaliligiran ang
hari. 11 Pagkatapos, inilabas nila ang anak na lalaki ng hari,
inilagay ang korona sa kaniya at ibinigay ang kautusan. At
ginawa nila siyang hari, at pinahiran siya ni Joiada at ng
kaniyang mga anak. At sinabi nila, "Mabuhay ang hari." 12
Nang marinig ni Atalia ang ingay ng mga taong tumatakbo
at nagpupuri sa hari, pumunta siya sa mga tao na nasa
tahanan ni Yahweh. 13 At tumingin siya, at masdan, ang
hari ay nakatayo sa kaniyang haligi sa pasukan, at nasa
tabi ng hari ang mga pinuno at mga taga-ihip ng trumpeta.
Nagsasaya at umiihip ng mga trumpeta ang lahat ng tao
sa lupain at ang mga mang-aawit ay tumutugtog ng mga
instrumentong pangmusika at nangunguna sa pagkanta ng
papuri. At pinunit ni Atalia ang kaniyang damit at sumigaw,
"Pagtataksil! Pagtataksil!" 14 At inilabas ni Joiada na pari,
ang mga pinuno ng daan-daan na namumuno sa hukbo
at sinabi sa kanila, "Ilabas siya sa gitna ng mga hanay,
patayin sa pamamagitan ng espada ang sinumang susunod
sa kaniya." Sapagkat sinabi ng pari, "Huwag ninyo siyang
patayin sa tahanan ni Yahweh." 15 Kaya nagbigay daan sila
para sa kaniya, at lumabas siya sa daan na Tarangkahan
ng Kabayo papunta sa tahanan ng hari at doon siya ay
pinatay nila. 16 At gumawa si Joiada ng isang kasunduan,
sa lahat ng tao at sa hari, na sila ay dapat maging mga tao
ni Yahweh. 17 Kaya pumunta ang lahat ng tao sa bahay ni
Baal at giniba ito. Binasag nila ang mga altar ni Baal, dinurog
ang kaniyang mga imahe at pinatay nila si Matan, ang pari
ni Baal, sa harap ng mga altar na iyon. 18 Nagtalaga si
Joiada ng mga opisyal para sa tahanan ni Yahweh sa ilalim
ng kamay ng mga pari, na mga Levita, na siyang itinalaga
ni David sa tahanan ni Yahweh, upang mag-alay ng mga
handog na susunugin kay Yahweh, gaya ng nasusulat sa
kautusan ni Moises, kasama ng pagsasaya at pag-aawitan,
gaya ng ibinigay na tagubilin ni David. 19 Naglagay si Joiada
ng mga bantay sa mga tarangkahan sa tahanan ni Yahweh,
nang sa gayon ay walang sinumang marumi ang makapasok
sa. 20 Isinama ni Joiada ang mga pinuno ng daan-daan, ang
mga marangal na tao, ang mga gobernador ng mga tao,
at lahat ng mga tao sa lupain. Ibinaba niya ang hari mula
sa tahanan ni Yahweh; pumasok ang mga tao sa Mataas
na Tarangkahan sa bahay ng hari at pinaupo ang hari sa
trono ng kaharian. 21 Kaya nagalak ang lahat ng mga tao sa
lupain at ang lungsod ay tumahimik. Tungkol naman kay
Atalia, siya ay pinatay nila ng espada.

**24** Pitong taong gulang si Joas nang magsimulang
maghari; naghari siya ng apatnapung taon sa
Jerusalem. Sibias ang pangalan ng kaniyang ina na taga-
Beer-seba. 2 Ginawa ni Joas kung ano ang matuwid sa
mata ni Yahweh sa lahat ng araw ni Joiada na pari. 3 Ikinuha
siya ni Joiada ng dalawang asawa at naging ama siya ng
mga anak na lalaki at mga babae. 4 At nangyari pagkatapos
nito, na si Joas ay nagpasya na muling itayo ang tahanan
ni Yahweh. 5 Tinipon niya ang mga pari at mga Levita at

sinabi sa kanila, “Pumunta kayo taun-taon sa mga lungsod
ng Juda at kolektahin ang pera mula sa lahat ng Israelita
upang isaayos ang tahanan ng inyong Diyos. Tiyakin ninyo
na masimulan ninyo kaagad.” Noong una, walang ginawa
ang mga Levita. **6** Kaya ipinatawag ng hari si Joiada, ang
pinakapunong pari, at sinabi sa kaniya, “Bakit hindi mo
inatasan ang mga Levita na kunin mula sa Juda at Jerusalem
ang buwis na ipinataw ni Moises, ang lingkod ni Yahweh,
at ng kapulungan ng Israel, para sa tolda ng tipanan?”
**7** Sapagkat giniba ng mga anak ni Atalia, na masamang
babae, ang tahanan ng Diyos at ibinigay sa mga Baal ang
lahat ng kagamitan na inilaan sa tahanan ni Yahweh. **8** Kaya
nag-utos ang hari, at gumawa sila ng isang kaban at inilagay
ito sa labas sa may pasukan sa tahanan ni Yahweh. **9** At
gumawa sila ng proklamasyon sa buong Juda at Jerusalem,
para sa mga tao upang dalhin kay Yahweh ang buwis na
ipinataw ni Moises na lingkod ng Diyos sa Israel sa ilang.
**10** Nagalak ang lahat ng pinuno at lahat ng tao at dinala
ang pera at inilagay sa kaban, hanggang sa napuno nila ito.
**11** At nangyari na sa tuwing dinadala ng mga Levita ang
kaban sa mga opisyal ng hari, at sa tuwing nakikita nila na
maaraming perang nasa loob nito, darating ang mga eskriba
ng hari at ang opisyal ng pinakapunong hari, aalisin nila ang
laman ng kaban at dadalhin nila at ibabalik sa kinalalagyan
nito. Ginagawa nila ito araw-araw, at nakakalikom sila ng
malaking halaga ng pera. **12** Ibinigay ng hari at ni Joiada ang
pera sa mga gumawa ng gawaing paglilingkod sa tahanan ni
Yahweh. Umupa ang mga lalaking ito ng mga kantero at mga
karpintero upang ibalik sa dating kalagayan ang tahanan ni
Yahweh, at maging ang mga gumagawa gamit ang bakal
at tanso. **13** Kaya nagtrabaho ang mga manggagawa,
at umusad ang gawaing pag-aayos sa pamamagitan ng
kanilang mga kamay; itinayo nila ang tahanan ng Diyos
sa dati nitong disenyo at pinatibay ito. **14** Nang kanilang
matapos, dinala nila ang natirang pera sa hari at kay Joiada.
Ang perang ito ay ginamit sa paggawa ng muwebles para
sa bahay ni Yahweh, mga kasangkapan sa paglilingkod at
paghahandog, mga sandok at mga kasangkapang ginto at
pilak. Patuloy silang nag-alay ng mga handog na susunugin
sa tahanan ni Yahweh sa lahat ng mga araw ni Joiada. **15**
Tumanda si Joiada at napuspos ng mga araw, at siya ay
namatay. Siya ay 130 taong gulang nang siya mamatay. **16**
Siya ay inilibing nila sa lungsod ni David kasama ng mga
hari, dahil mabuti ang ginawa niya sa Israel, sa Diyos, at sa
tahanan ng Diyos. **17** Ngayon pagkatapos ng kamatayan ni
Joiada, nagpunta ang mga pinuno ng Juda at pinarangalan
ang hari. At nakinig sa kanila ang hari. **18** Pinabayaan nila
ang tahanan ni Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno,
at sinamba ang mga diyos na Ashera at ang mga diyus-
diyosan. Dumating ang galit ng Diyos sa Juda at Jerusalem
dahil sa kanilang maling gawain. **19** Gayunman, nagpadala
siya ng mga propeta sa kanila upang muli silang ibalik sa
kaniya, kay Yahweh. Nagpatotoo ang mga propeta laban
sa mga tao, ngunit ayaw nilang makinig. **20** Dumating ang
Espiritu ng Diyos kay Zacarias na anak ng paring si Joiada.
Tumayo si Zacarias sa itaas ng mga tao at sinabi sa kanila,
“Ito ang sinasabi ng Diyos, 'Bakit ninyo nilalabag ang mga
kautusan ni Yahweh, nang sa gayon hindi kayo sumagana?
Yamang tinalikuran na ninyo si Yahweh, tinalikuran rin niya
kayo.'” **21** Ngunit nagsabuwatan sila laban sa kaniya at sa
utos ng hari, siya ay binato nila ng mga bato sa patyo ng
tahanan ni Yahweh. **22** Sa paraang ito, pinagsawalang-
bahala ni haring Joas ang kabaitan na ginawa sa kaniya ni
Joiada, ang ama ni Zacarias. Sa halip, pinatay niya ang
anak ni Joiada. Nang si Zacarias ay naghihingalo, kaniyang
sinabi, “Makita nawa ito ni Yahweh at papanagutin ka.”
**23** At nangyari, sa katapusan ng taon na ang hukbo ng
Aram ay dumating laban kay Joas. Pumunta sila sa Juda
at Jerusalem, pinatay nila lahat ng mga pinuno ng mga
tao at ipinadala ang lahat ng kanilang ninakaw sa hari
ng Damasco. **24** Pumunta ang hukbo ng mga Arameo na
may munting bilang, ngunit ibinigay sa kanila ni Yahweh
ang katagumpayan laban sa isang nakapalaking hukbo
dahil tinalikuran ng taga-Juda si Yahweh, ang Diyos ng
kanilang mga ninuno. Sa paraang ito, ang mga Arameo
ang nagdala ng hatol kay Joas. **25** Nang nakaalis na ang
mga Arameo, malubhang nasugatan si Joas. Nagsabuwatan
ang kaniyang sariling mga lingkod laban sa kaniya dahil sa
pagpatay sa mga anak ng paring si Joiada. Siya ay pinatay
nila sa kaniyang higaan, at namatay siya. Siya ay inilibing
nila sa lungsod ni David, ngunit hindi sa mga libingan ng
mga hari. **26** Ito ang mga taong nagsabuwatan laban sa
kaniya, si Sabad na anak ni Simeat na Ammonita at si
Jehosabad na anak ni Simrit na Maobita. **27** Ngayon ang
kasaysayan tungkol sa kaniyang mga anak, ang mahalagang
mga propesiya na sinabi tungkol sa kaniya, at ang muling
pagtatayo ng tahanan ng Diyos, tingnan, nakasulat ang mga
ito sa Ang Paliwanag sa Aklat ng mga Hari. At si Amazias
na kaniyang anak ang pumalit sa kaniya bilang hari.

**25** Dalawamput-limang taong gulang si Amazias nang
magsimula siyang maghari. Naghari siya ng
dalawamput-siyam na taon sa Jerusalem. Joadan ang
pangalan ng kaniyang ina na taga-Jerusalem. **2** Ginawa niya
kung ano ang matuwid sa mata ni Yahweh, ngunit hindi niya
ginawa ito nang may ganap na pusong tapat. **3** At nangyari,
nang ganap na matatag ang kaniyang pamumuno, pinatay
niya ang mga lingkod na pumatay sa kaniyang ama na hari.
**4** Ngunit hindi niya pinatay ang mga anak ng mga pumatay sa

kaniyang ama, sa halip ginawa niya kung ano ang nakasulat
sa kautusan, sa aklat ni Moises, gaya ng iniutos ni Yahweh,
“Ang mga ama ay hindi dapat mamatay para sa kanilang
mga anak, at hindi rin dapat mamatay ang mga anak para
sa mga ama. Sa halip, ang bawat tao ay dapat mamatay
para sa kaniyang sariling kasalanan.” **5** Bukod dito, tinipon
ni Amazias ang mga taga-Juda at itinala sila ayon sa mga
bahay ng kanilang mga ninuno, sa ilalim ng mga pinuno ng
hukbong libu-libo at mga pinuno ng hukbong daan-daan, ang
lahat ng taga-Juda at taga-Benjamin. Sila ay binilang niya
mula dalawampung taong gulang at pataas at may 300, 000
na piling lalaki na may kakayahang sumabak sa digmaan, at
may kakayahang humawak ng sibat at panangga. **6** Umupa
din siya ng 100, 000 na mga lalaking mandirigmang mula sa
Israel ng nagkakahalaga ng sandaang talento ng pilak. **7**
Ngunit pumunta sa kaniya ang isang lingkod ng Diyos at
sinabi, “Hari, huwag mong pasamahin sa iyo ang hukbo ng
Israel, sapagkat hindi kasama ng Israel si Yahweh, wala sa
mga tao ng Efraim. **8** Ngunit kahit na pumunta ka nang may
katapangan at kalakasan sa labanan, pababagsakin ka ng
Diyos sa harap ng kaaway sapagkat may kapangyarihan ang
Diyos na tumulong at may kapangyarihang magpabagsak.”
**9** Sinabi ni Amazias sa lingkod ng Diyos, “Ngunit ano ang
aming gagawin sa isandaang talento na aking ibinigay sa
hukbo ng Israel?” Sumagot ang lingkod ng Diyos, “Kaya ni
Yahweh na bigyan ka ng higit pa roon.” **10** Kaya inihiwalay ni
Amazias ang hukbong sasama sa kaniya mula sa Efraim,
sila ay muli niyang pinauwi. Kaya lubhang sumiklab ang
kanilang galit laban sa Juda at sila ay umuwi nang may
matinding galit. **11** Tumapang si Amazias at pinangunahan
ang kaniyang mga tao na pumunta sa lambak ng Asin. Doon
niya tinalo ang sampung-libong mga lalaki ng Seir. **12** Dinala
ng hukbo ng Juda ang sampung-libong buhay na lalaki. Sila
ay dinala nila sa tuktok ng bangin at inihulog sila mula doon,
at silang lahat ay nagkabali-bali. **13** Ngunit ang mga lalaki ng
hukbong pinauwi ni Amazias upang hindi sila sumamama sa
kaniya sa labanan, ay nilusob ang mga lungsod ng Juda
mula sa Samaria hanggang sa Bet-horon. Pinatay nila ang
tatlong-libong tao at maraming ninakaw. **14** Ngayon nangyari
na pagkatapos bumalik si Amazias mula sa pagpatay sa mga
Edomita, dinala niya ang mga diyos ng mga tao ng Sier at
itinayo niya ang mga ito upang maging kaniyang mga diyos.
Yumuko siya sa harap ng mga ito at nagsunog ng insenso
para sa mga ito. **15** Kaya sumiklab ang galit ni Yahweh
laban kay Amazias. Nagpadala siya ng isang propeta sa
kaniya, na nagsabi, “Bakit mo sinamba ang mga diyos ng
mga tao na hindi man lamang nakapagligtas ng sarili nitong
mga tao laban sa iyong mga kamay?” **16** At nangyari na
habang kinakausap siya ng propeta, sinabi sa kaniya ng
hari, “Ginawa ka ba naming tagapayo ng hari? Tumigil ka.
Bakit ka kailangan patayin?” At tumigil ang propeta at sinabi,
“Alam kong nagpasya ang Diyos na wasakin ka dahil ginawa
mo ito at hindi ka nakinig sa aking payo.” **17** Pagkatapos,
sumangguni si Amazias na hari ng Juda sa mga tagapayo at
nagpadala ng mga mensahero kay Joas na hari ng Israel
na anak ni Joahaz na anak ni Jehu, nagsasabi, “Halika,
magharapan tayo sa isang labanan.” **18** Ngunit nagpadala
din ng mga mensahero si Joas na hari ng Israel kay Amazias
na hari ng Juda, nagsasabi, “Nagpadala ang isang dawag
na nasa Lebanon ng isang mensahe sa isang sedar na nasa
Lebanon, nagsasabi, 'Ibigay mo ang iyong anak na babae
upang maging asawa ng aking anak,' ngunit dumaan ang
isang mabangis na hayop sa Lebanon at tinapakan ang
dawag. **19** Sinabi mo, 'Tingnan mo, napabagsak ko ang
Edom' at itinaas ka ng iyong puso. Magmalaki ka sa iyong
tagumpay ngunit manatili ka sa tahanan, sapagkat bakit mo
ipapahamak at ibabagsak ang iyong sarili, ikaw at ang Juda
na kasama mo?” **20** Ngunit hindi nakinig si Amazias dahil
ang kaganapang ito ay mula sa Diyos, upang maipasakamay
niya ang mga tao ng Juda sa kanilang mga kaaway dahil
humingi sila ng payo sa mga diyos ng Edom. **21** Kaya
lumusob si Joas na hari ng Israel, siya at si Amazias na
hari ng Juda ay nagsagupaan sa Beth-semes na sakop ng
Juda. **22** Bumagsak ang Juda sa harap ng Israel at tumakas
papunta sa mga tahanan ang bawat lalaki. **23** Binihag ni
Joas na hari ng Israel si Amazias na hari ng Juda na anak ni
Joas, na anak ni Ahazias, sa Beth-Semes. Siya ay dinala
niya sa Jerusalem at giniba ang pader ng Jerusalem mula
sa Tarangkahan ng Efraim hanggang sa Tarangkahan sa
Sulok, apatnaraang kubit ang layo. **24** Kinuha niya lahat
ng ginto at pilak, lahat ng kagamitan na matatagpuan sa
tahanan ng Diyos na kay Obed-Edom, at ang mahahalagang
mga kagamitan sa tahanan ng hari, kasama ang mga bihag
at bumalik sa Samaria. **25** Nabuhay si Amazias na hari
Juda na anak ni Joas, ng labing-limang taon pagkatapos ng
kamatayan ni Joas na hari ng Israel na anak ni Joahas.
**26** Ang ibang mga bagay tungkol kay Amazias sa simula
hanggang sa kahuli-hulihan, hindi ba nakasulat ang mga ito
sa Ang Aklat ng mga Hari ng Juda at Israel? **27** Ngayon,
mula sa panahon na tumalikod si Amazias sa pagsunod
kay Yahweh, sinimulan nilang gumawa ng sabuwatan laban
sa kaniya sa Jerusalem. Tumakas siya patungong Laquis,
ngunit nagpadala sila ng mga tao na susunod sa kaniya
sa Laquis at pinatay siya doon. **28** Siya ay ibinalik nilang
nakasakay sa mga kabayo at inilibing siya kasama ng
kaniyang mga ninuno sa Lungsod ng Juda.

**26** Kinuha ng lahat ng tao ng Juda si Uzias na labing-
anim na taong gulang, at ginawa siyang hari na kapalit

ng kaniyang ama na si Amazias. 2 Siya ang muling nagtayo
ng Elat at pinanumbalik ito sa Juda. Pagkatapos mamatay
ang hari. 3 Si Uzias ay labing-anim na taong gulang nang
magsimula siyang maghari. Naghari siya ng limampu't
dalawang taon sa Jerusalem. Jecolias ang pangalan ng
kaniyang ina, na mula sa Jerusalem. 4 Ginawa niya kung
ano ang matuwid sa mata ni Yahweh, sinusunod niya ang
lahat ng halimbawa ng kaniyang ama na si Amazias. 5
Inilaan niya ang kaniyang sarili upang hanapin ang Diyos sa
mga araw ni Zacarias, na siyang nagbigay sa kaniya ng mga
tagubilin para sa pagsunod sa Diyos. Habang hinahanap
niya si Yahweh, pinagpala siya ng Diyos. 6 Lumabas si
Uzias at nakipaglaban sa mga Filisteo. Giniba niya ang mga
pader sa lungsod ng Gat, Jabne at Asdod. Nagtayo siya
ng mga lungsod sa bansa ng Asdod at sa mga Filisteo. 7
Tinulungan siya ng Diyos laban sa mga Filisteo, laban sa
mga Arabo na nakatira sa Gurbaal at laban sa mga Meunita.
8 Nagbigay ang mga Ammonita ng kayamanang parangal
kay Uzias at lumaganap ang kaniyang katanyagan sa ibang
mga lupain, maging sa hangganan ng Ehipto, sapagkat
siya ay naging lubos na makapangyarihan. 9 Dagdag pa
rito, nagtayo si Uzias ng mga tore sa Jerusalem sa may
Tarangkahan sa Sulok, sa Tarangkahan sa Lambak at sa
paikot ng pader at pinatibay ang mga ito. 10 Nagtayo siya ng
mga toreng bantayan sa ilang at naghukay ng maraming
balon, sapagkat marami siyang mga baka sa mababang
lugar gayon din sa mga kapatagan. Mayroon siyang mga
magsasaka at mga nagtatanim ng ubas sa mga burol sa
bansa at sa mabungang mga bukirin, sapagkat mahal niya
ang pagsasaka. 11 Bukod dito, si Uzias ay mayroong isang
hukbo ng mga lalaking mandirigma na nagpunta sa digmaan
na nakapangkat na binuo sa pamamagitan ng kanilang
bilang na binilang ni Jeiel, ang eskriba at Maaseias, ang
pinuno, sa ilalim ng pamumuno ni Hananias, ang isa sa mga
tagapag-utos ng hari. 12 Ang buong bilang ng mga pangulo
ng mga sinaunang sambahayan ay 2, 600 na mandirigmang
mga lalaki. 13 Sa ilalim ng kanilang kamay ay isang hukbong
307, 500 na mga lalaki, na nakidigma na may malakas na
kapangyarihan upang tulungan ang hari laban sa kaaway.
14 Naghanda si Uzias para sa kanila, para sa lahat ng
hukbo, ng mga panangga, mga sibat, mga helmet, mga
baluti, mga pana at mga bato para sa tirador. 15 Nagtayo
siya sa Jerusalem ng mga makina na inimbento ng mga
bihasang lalaki upang ilagay sa mga tore at sa mga kuta,
kung saan papana ng mga pana at ng mga malalaking
bato. Lumaganap sa malayong mga lupain ang kaniyang
katanyagan, sapagkat siya ay lubos na tinulungan hanggang
sa siya ay naging lubos na makapangyarihan. 16 Ngunit
nang naging makapangyarihan si Uzias, nagmataas ang
kaniyang puso kaya siya gumawa ng masama. Sumuway
siya laban kay Yahweh, ang kaniyang Diyos, sapagkat
pumasok siya sa tahanan ni Yahweh upang magsunog ng
insenso sa altar ng insenso. 17 Sinundan siya ni paring
Azarias at kasama niya ang walumpung matatapang na
pari ni Yahweh. 18 Pinigilan nila si haring Uzias at sinabi
sa kaniya, "Hindi ito para sa iyo, Uzias, na magsunog ng
insenso para kay Yahweh, kundi para sa mga pari, ang mga
kaapu-apuhan ni Aaron na siyang itinalaga kay Yahweh
na magsunog ng insenso. Lumabas ka sa banal na lugar,
sapagkat sumuway ka. Dahil dito, wala kang magiging
karangalan mula kay Yahweh na Diyos." 19 At nagalit si
Uzias. May hawak siyang insensaryo sa kaniyang kamay
upang magsunog ng insenso. Habang nagagalit siya sa mga
pari, may tumubong ketong sa kaniyang noo sa harap ng
mga pari sa tahanan ni Yahweh sa tabi ng altar ng insenso.
20 Tiningnan siya ng pinakapunong pari na si Azarias at
ng lahat ng mga pari, at tingnan, siya ay may ketong sa
kaniyang noo. Siya ay agad nilang pinalabas mula doon. Sa
katunayan, nagmadali siyang lumabas dahil hinampas siya
ni Yahweh. 21 Si haring Uzias ay isang ketongin hanggang
sa araw ng kaniyang kamatayan, at tumira sa isang hiwalay
na bahay, sapagkat siya ay isang ketongin, sapagkat pinaalis
siya mula sa tahanan ni Yahweh. Ang kaniyang anak na
si Jotam ang namahala sa tahanan ng hari at namuno sa
mga tao sa lupain. 22 Ang iba pang mga bagay tungkol kay
Uzias sa simula hanggang sa kahuli-hulihan ay isinulat ni
propetang Isaias na anak ni Amos. 23 Namatay si Uzias
at inilibing siya kasama ng kaniyang mga ninuno sa isang
lupang libingan na pag-aari ng mga hari sapagkat sabi nila,
"Siya ay ketongin." Si Jotam, ang kaniyang anak, ang pumalit
sa kaniya bilang hari.

**27** Si Jotam ay dalawampu't limang taong gulang nang
magsimula siyang maghari at naghari siya sa Jerusalem
ng labing-anim na taon. Ang pangalan ng kaniyang ina ay
Jerusa; siya ang anak na babae ni Zadok. 2 Ginawa niya
ang tama sa mga mata ni Yahweh, sinusunod ang lahat ng
halimbawa ng kaniyang amang si Uzias. Pinigilan din niyang
pumunta sa loob ng templo ni Yahweh. Ngunit patuloy pa
rin ang mga tao sa kanilang mga masasamang gawain.
3 Itinayo niya ang mataas na tarangkahan sa tahanan ni
Yahweh, at sa burol ng Ofel ay nagtayo pa siya ng marami.
4 Bukod pa roon, nagtayo siya ng mga lungsod sa maburol
na bahagi ng Juda, at nagtayo siya ng mga kastilyo at mga
tore sa kagubatan. 5 Lumaban din siya sa hari ng Ammon
at tinalo sila. Sa taon ding iyon, nagbigay sa kaniya ng
isandaang talento ng pilak ang mga Ammonita, sampung
libong sukat ng trigo, sampung libong sukat ng sebada.
Patuloy na nagbigay sa kaniya ang mga Ammonita sa

ikalawa at ikatlong taon. 6 Kaya naging makapangyarihan si
Jotam dahil lumakad siya ng may katatagan kay Yahweh na
kaniyang Diyos. 7 At sa iba pang mga bagay tungkol kay
Jotam, lahat ng kaniyang pakikipagdigma at pamumuhay,
tingnan ninyo, nakasulat ang mga ito sa Aklat ng mga Hari ng
Israel at Juda. 8 Siya ay dalawampu't limang taong gulang
nang magsimulang maghari at naghari siya sa Jerusalem
sa loob ng labing-anim na taon. 9 Si Jotam ay namatay at
siya ay kanilang inilibing sa lungsod ni David. Si Ahaz, na
kaniyang anak ang pumalit sa kaniya bilang hari.

**28** Si Ahaz ay dalawampung taong gulang nang magsimula
siyang maghari at naghari siya sa Jerusalem ng labing-
anim na taon. Hindi niya ginawa ang tama sa mga mata ni
Yahweh, katulad ng ginawa ni David na kaniyang ninuno.
2 Sa halip, lumakad siya sa mga pamamaraan ng mga
hari ng Israel, gumawa rin siya ng mga metal na imahen
para sa mga Baal. 3 Bukod pa roon, nagsunog siya ng
insenso sa lambak ng Ben Hinom at inialay niya ang mga
anak niya bilang mga alay na susunugin, alinsunod sa
kalapastanganan ng mga lahing pinalayas ni Yahweh bago
dumating ang mga Israelita. 4 Nag-alay at nagsunog siya ng
insenso sa mga dambana, sa mga burol, at sa ilalim ng
bawat luntiang puno. 5 Kaya ipinasakamay siya ni Yahweh
na Diyos ni Ahaz sa hari ng Aram. Tinalo siya ng mga
Arameo at kinuha mula sa kaniya ang napakalaking bilang
ng mga bilanggo at dinala sila sa Damasco. Napasakamay
din si Ahaz sa hari ng Israel, na tumalo sa kaniya sa isang
matinding labanan. 6 Si Peka na anak ni Remalias ay
nakapatay ng 120, 000 na mga kawal sa Juda sa loob
ng isang araw, lahat ng mga matatapang nilang kawal,
dahil tinalikuran nila si Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga
ninuno. 7 Pinatay ni Zicri na isang malakas na lalaki mula sa
Efraim si Maasias na anak na lalaki ng hari, si Azrikam na
tagapamahala sa palasyo, at si Elkana na kanang kamay ng
hari. 8 Nagdala ng mga bihag ang hukbo ng Israel mula sa
200, 000 na asawang babae ng kanilang mga kamag-anak,
mga anak na lalaki at babae. Marami rin silang sinamsam
na dinala nila pabalik sa Samaria. 9 Ngunit naroon ang
isang propeta ni Yahweh, Oded ang kaniyang pangalan.
Siya ay lumabas upang salubungin ang hukbo na papasok
sa Samaria. Sinabi niya sa kanila, “Dahil nagalit si Yahweh
sa Juda, ang Diyos ng inyong mga ninuno, ipinasakamay
niya sila sa inyo. Ngunit pinagpapatay ninyo sila sa galit
na abot hanggang langit. 10 At ngayon, gusto pa ninyong
gawing alipin ang mga kalalakihan at kababaihan ng Juda
at Jerusalem. Ngunit hindi ba kayo mismo ay nagkasala
kay Yahweh na inyong Diyos? 11 Makinig kayo ngayon sa
akin: ibalik ninyo ang mga bilanggo na inyong binihag mula
sa inyong mga kapatid, sapagkat ang matinding poot ni
Yahweh ay nasa inyo.” 12 Pagkatapos, may ilang pinuno ng
Efraim ang tumayo laban sa mga bumalik mula sa digmaan,
ang mga lalaking sina Azarias na anak ni Johanan, si
Berquias na anak ni Mesillemot, si Jehizkias na anak ni
Sallum at si Amasa na anak ni hadlai. 13 Sinabi nila sa
kanila, “Hindi ninyo dapat dalhin ang mga bilanggo rito,
sapagkat ang gusto ninyo ay isang bagay na magdadala sa
atin ng kasalanan laban kay Yahweh na magdaragdag sa
ating mga kasalanan at mga paglabag; sapagkat napakalaki
ng ating paglabag at mayroong matinding poot laban sa
Israel.” 14 Kaya iniwan ng mga kawal ang mga bilanggo
at ang mga sinamsam sa harapan ng mga pinuno at sa
buong kapulungan. 15 Ang mga lalaking itinalaga ay tumayo
at kinuha ang mga bilanggo at dinamitan ang mga walang
kasuotan mula sa mga nasamsam. Dinamitan nila sila at
binigyan sila ng sandalyas. Binigyan sila ng makakain at
inumin. Ginamot nila ang kanilang mga sugat at isinakay ang
mga nanghihina sa mga asno. Ibinalik sila sa kanilang mga
pamilya sa Jerico, (na tinatawag na lungsod ng mga Palma).
Pagkatapos bumalik sila sa Samaria. 16 Nang mga panahong
iyon, nagpadala si Haring Ahaz ng mga mensahero sa mga
hari ng Asiria upang pakiusapan silang tulungan siya. 17
Sapagkat muling nagbalik ang mga Edomita at sinalakay
ang Juda at kumuha ng mga bilanggo. 18 Sinakop din ng
mga Filisteo ang mga lungsod sa mga mabababang lupain
at ang Negev ng Juda. Kinuha nila ang Beth-semes, Aijalon,
Gederot, Soco kasama ang mga nayon nito, Timna kasama
ang mga nayon nito, at gayon din ang Gimzo kasama ang
mga nayon nito. Nagpunta sila upang manirahan sa mga
lugar na iyon. 19 Sapagkat ibinaba ni Yahweh ang Juda
dahil kay Ahaz, ang hari ng Israel; sapagkat napakasama ng
kaniyang ginawa sa Juda at labis na nagkasala kay Yahweh.
20 Si Tiglat-Pileser, hari ng Asiria, ay nagpunta at ginulo
siya sa halip na palakasin siya. 21 Sapagkat sinamsam
at pinagnakawan ni Ahaz ang tahanan ni Yahweh at ang
mga tahanan ng mga hari at mga pinuno upang ibigay sa
mga hari ng Asiria, ngunit hindi ito nakatulong sa kaniya. 22
Ang Haring ito na si Ahaz ay nagkasala pa ng mas matindi
laban kay Yahweh sa panahon ng kaniyang pagdurusa. 23
Sapagkat nag-alay siya sa mga diyos ng Damasco, mga
diyos na tumalo sa kaniya. Sinabi niya, “Dahil tinulungan
sila ng mga diyos ng mga hari ng Syria, mag-aalay ako sa
kanila, upang matulungan nila ako.” Ngunit sila ang sumira
sa kaniya at sa buong Israel. 24 Tinipon ni Ahaz ang mga
kagamitan sa tahanan ng Diyos at pinagpuputol ang mga
ito. Ipinasara niya ang mga pintuan ng tahanan ni Yahweh at
gumawa siya ng mga altar para sa kaniyang sarili sa bawat
sulok ng Jerusalem. 25 Gumawa siya ng mga dambana
sa bawat lungsod ng Juda upang pagsunugan ng mga

alay sa ibang mga diyos, at ito ang naging dahilan upang
magalit si Yahweh, ang Diyos ng kaniyang mga ninuno. 26
Ngayon, ang lahat ng kaniyang mga ginawa at lahat ng
kaniyang kapamaraanan mula umpisa hanggang wakas,
tingnan ninyo, nakasulat ang mga ito sa Aklat ng mga Hari
ng Juda at Israel. 27 Namatay si Ahaz at siya ay kanilang
inilibing sa lungsod sa Jerusalem, ngunit siya ay hindi nila
dinala sa mga libingan ng mga hari ng Israel. Si Ezequias na
kaniyang anak ang pumalit sa kaniya bilang hari.

**29** Nagsimulang maghari si Ezequias noong siya ay
dalawampu't limang taong gulang at naghari siya ng
dalawampu't siyam na taon sa Jerusalem. Ang pangalan ng
kaniyang ina ay Abija na anak ni Zacarias. 2 Ginawa niya
ang tama sa mga mata ni Yahweh at sinusunod ang lahat
ng halimbawang ginawa ni David, na kaniyang ninuno. 3
Sa unang taon ng kaniyang paghahari, sa unang buwan,
binuksan ni Ezequias ang mga pintuan ng tahanan ni Yahweh
at isinaayos ang mga ito. 4 Dinala niya ang mga pari at mga
Levita at tinipon silang lahat sa patyo sa silangang bahagi. 5
Sinabi niya sa kanila, "Makinig kayo sa akin, kayong mga
Levita! Italaga ninyo ang inyong mga sarili kay Yahweh, at
italaga ninyo ang tahanan ni Yahweh, ang Diyos ng inyong
mga ninuno, at inyong alisin ang karumihan mula sa banal
na lugar. 6 Sapagkat lumabag ang ating mga ninuno at
ginawa nila ang masama sa paningin ni Yahweh na ating
Diyos; siya ay tinalikuran nila, tumalikod sila mula sa lugar
na pinananahanan ni Yahweh. 7 Isinara din nila ang mga
pintuan ng mga portiko at pinatay ang mga lampara; hindi
sila nagsunog ng mga insenso o naghandog ng mga alay na
susunugin sa banal na lugar para sa Diyos ng Israel. 8 Kaya
ang poot ng Diyos ay bumagsak sa Juda at Jerusalem, at sila
ay ginawa niyang halimbawa ng pagkatakot, pagkasindak at
kahihiyan, gaya ng inyong nakikita sa sarili ninyong mga
mata. 9 Ito ang dahilan kung bakit namatay sa tabak ang
ating mga ama, at nabihag ang ating mga anak at mga
asawa dahil dito. 10 Ngayon, nasa aking puso na gumawa
ng isang kasunduan kay Yahweh, ang Diyos ng Israel, nang
sa gayon ay maaaring mawala ang kaniyang matinding galit
sa atin. 11 Mga anak ko, huwag na kayong maging tamad,
sapagkat pinili kayo ni Yahweh upang tumayo sa harapan
niya at sumamba, at upang kayo ay maging mga lingkod
niya at magsunog ng insenso." 12 At nagsitayuan ang mga
Levita, ang mga lalaking sina Mahat na anak ni Amasai, si
Joel na anak ni Azarias, mula sa angkan ni Kohat; at mula
naman sa mga angkan ni Merari, si Kish na anak ni Abdi, at
Azarias na anak ni Jehalelel; at mula sa mga Gershonita,
si Joah na anak ni Zimna at Eden na anak ni Joah; 13 at
sa mga anak naman ni Elizafan, sina Simri at Jeiel; at sa
mga anak ni Asaf, sina Zacarias at Matanias; 14 sa mga
anak ni Heman, sina Jehiel at Simei; at sa mga anak ni
Jeduthun, sina Semias at Uziel. 15 Tinipon nila ang kanilang
mga kapatid, itinalaga nila ang mga sarili nila kay Yahweh
at pumasok gaya ng iniutos ng hari, na sumusunod sa
mga salita ni Yahweh upang linisin ang tahanan ni Yahweh.
16 Pumasok ang mga pari sa kaloob-loobang bahagi ng
tahanan ni Yahweh upang linisin ito, inilabas nila sa may
patyo ng bahay ang lahat ng mga maruruming nakita nila
sa templo ni Yahweh. Kinuha ng mga Levita ang mga ito
upang dalhin sa batis ng Kidron. 17 Ngayon, nagsimula sila
sa unang araw ng unang buwan upang italaga ang tahanan
kay Yahweh, at sa ika-walong araw ng buwan, nagpunta
sila sa portiko ni Yahweh. Itinalaga nila ang tahanan ni
Yahweh sa loob ng walong araw. Natapos sila sa ikalabing-
anim na araw ng unang buwan. 18 Pagkatapos nagpunta
sila kay haring Ezequias sa loob ng palasyo at sinabi,
"Nalinis na namin ang buong tahanan ni Yahweh, ang altar
para sa mga handog na susunugin kasama ang lahat ng
mga kasangkapan nito, at ang mesa ng tinapay na handog
kasama ang lahat ng mga kasangkapan nito. 19 Higit pa
rito, naihanda at naitalaga na namin kay Yahweh ang lahat
ng bagay na itinapon ni Haring Ahaz nang lumabag siya
noong panahon ng kaniyang paghahari. Tingnan ninyo, nasa
harapan ng altar ni Yahweh ang mga ito." 20 Pagkatapos,
gumising ng maaga si haring Ezequias at tinipon ang mga
pinuno ng lungsod; pumunta siya sa tahanan ni Yahweh. 21
Nagdala sila ng pitong lalaking baka, pitong lalaking tupa,
pitong kordero, at pitong lalaking kambing, bilang handog
para sa kasalanan ng kaharian, para sa santuwaryo, at
para sa Juda. Inutusan niya ang mga pari, ang mga anak
ni Aaron, na ialay ang mga ito sa altar ni Yahweh. 22
Kaya kinatay nila ang mga lalaking baka, at kinuha ng mga
pari ang dugo at iwinisik ito sa altar. Kinatay nila ang mga
lalaking tupa at iwinisik ang dugo sa altar; kinatay din nila
ang mga kordero at iwinisik ang dugo sa altar. 23 Dinala
nila sa harapan ng hari at ng kapulungan ang mga lalaking
kambing para sa handog sa kasalanan, ipinatong nila ang
kanilang mga kamay sa mga ito. 24 Pinatay ng mga pari ang
mga ito, at ginawa nila ang handog para sa kasalanan sa
pamamagitan ng dugo ng mga ito sa altar, upang maging
kabayaran sa mga kasalanan para sa buong Israel sapagkat
iniutos ng hari na ang alay na susunugin at handog para
sa kasalanan ay dapat gawin para sa buong Israel. 25
Inilagay ni Ezequias ang mga Levita sa tahanan ni Yahweh
na may mga pompyang, mga alpa at mga lira, isinasaayos
ang mga ito ayon sa utos ni David, ni Gad na propeta ng
hari, at ng propetang si Natan, sapagkat ang utos ay mula
kay Yahweh sa pamamagitan ng kaniyang mga propeta. 26
Tumayo ang mga Levita na may mga instrumento ni David

at ang mga pari na may mga trumpeta. **27** Inutusan sila
ni Ezequias na ihandog sa altar ang alay na susunugin.
Nang magsimula ang pag-aalay, nagsimula rin ang awit para
kay Yahweh na may kasamang mga trumpeta, kasama ang
mga instrumento ni David na hari ng Israel. **28** Sumamba
ang buong kapulungan, umawit ang mga mang-aawit at
tumugtog ang mga manunugtog ng trumpeta, nagpatuloy
ang mga ito hanggang sa natapos ang pagsusunog ng mga
alay. **29** Nang matapos nila ang mga pag-aalay, yumukod at
sumamba ang hari at ang lahat ng kasama niyang naroon. **30**
Bukod pa rito, inutusan ni haring Ezequias at ng mga pinuno
ang mga Levita na umawit ng mga papuri kay Yahweh gamit
ang mga awit ni David at ng propetang si Asaf. Umawit sila
ng mga papuri nang may kagalakan at nagsiyukod sila at
sumamba. **31** At sinabi ni Ezequias, “Ngayon, pinabanal
ninyo ang inyong mga sarili kay Yahweh. Pumunta kayo rito
sa tahanan ni Yahweh at magdala ng mga alay at handog
ng pagpapasalamat.” Nagdala ang kapulungan ng mga
alay at mga handog ng pagpapasalamat, lahat ng may
pusong nagnanais ay nagdala ng mga alay na susunugin.
**32** Ang bilang ng mga handog na susunugin na dinala ng
kapulungan ay pitumpung lalaking baka, isandaang lalaking
tupa at dalawandaang lalaking kordero. Lahat ng mga ito
ay para sa alay na susunugin para kay Yahweh. **33** Ang
mga hayop na itinalaga kay Yahweh ay anim na raang
baka at tatlong libong tupa. **34** Ngunit kakaunti ang bilang
ng mga pari upang balatan ang lahat ng mga alay na
susunugin, kaya tinulungan sila ng mga kapatid nilang mga
Levita, hanggang matapos ang gawain, at hanggang sa
maitalaga ng mga pari ang kanilang mga sarili kay Yahweh,
sapagkat higit na maingat ang mga Levita sa pagtatalaga ng
kanilang mga sarili kaysa sa mga pari. **35** Sa karagdagan,
mayroong napakaraming alay na susunugin; ginawa ang
mga ito kasama ang taba ng mga alay pangkapayapaan, at
mayroong inuming handog sa bawat alay na susunugin. At
nagawa nang may kaayusan ang seremonya sa tahanan
ni Yahweh. **36** Nagsaya si Ezequias, gayon din ang mga
tao, dahil sa inihanda ng Diyos para sa mga tao, sapagkat
mabilis na natapos ang gawain.

**30** Nagpapunta si Ezequias ng mga mensahero sa buong
Israel at Juda, at sumulat din ng liham sa Efraim at
Manases, na kinakailangan nilang pumunta sa tahanan
ni Yahweh sa Jerusalem, upang ipagdiwang ang Paskwa
ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. **2** Sapagkat ang hari,
ang kaniyang mga pinuno, at ang lahat ng kapulungan
sa Jerusalem ay nagsanggunian, at napagpasiyahang
ipagdiwang ang Paskwa sa ikalawang buwan. **3** Hindi
nila ito maipagdiwang kaagad, sapagkat hindi sapat ang
bilang ng mga paring nakapaglaan ng kanilang sarili para
kay Yahweh, at hindi rin nagtipon-tipon ang mga tao sa
Jerusalem. **4** Ang planong ito ay tama sa paningin ng hari at
ng buong kapulungan. **5** Kaya gumawa sila ng kautusan na
kinakailangan ipahayag sa buong Israel, mula sa Beer-seba
hanggang sa Dan, na kinakailangang pumunta ang mga tao
sa Jerusalem upang ipagdiwang ang Paskwa ni Yahweh,
ang Diyos ng Israel. Sa katunayan, hindi nila ginanap ito sa
napakaraming bilang na gaya ng iniutos sa kasulatan. **6**
Kaya pumunta sa buong Israel at Juda ang tagapagdala ng
sulat na dala-dala ang sulat mula sa hari at sa kaniyang
mga pinuno, ayon sa utos ng hari. Sinabi nila, “Kayong
mga taga-Israel, manumbalik kayo kay Yahweh, ang Diyos
ni Abraham, Isaac, at Israel, upang muli siyang bumalik
sa mga nalalabi sa inyo na nakatakas mula sa kamay
ng mga hari ng Asiria. **7** Huwag kayong maging katulad
ng inyong mga ninuno o kaya ng inyong mga kapatid,
na nagkasala laban kay Yahweh, ang Diyos ng kanilang
mga ninuno, kaya ibinigay niya sila sa pagkawasak, gaya
ng inyong nakita. **8** Ngayon huwag maging matigas ang
inyong ulo, tulad ng inyong mga ninuno; sa halip, ibigay
ninyo ang inyong sarili kay Yahweh at pumunta kayo sa
kaniyang banal na lugar, na kaniyang itinalaga kay Yahweh
magpakailanpaman, at sambahin ninyo si Yahweh, ang
inyong Diyos, upang mawala ang kaniyang malaking galit sa
inyo. **9** Sapagkat kung muli kayong babalik kay Yahweh,
makakatagpo ng kahabagan ang inyong mga kapatid at mga
anak sa harapan ng mga bumihag sa kanila, at muli silang
babalik sa lupaing ito. Sapagkat si Yahweh, ang inyong
Diyos, ay mapagbiyaya at maawain, at hindi niya ibabaling
ang kaniyang mukha palayo sa inyo, kung babalik kayo sa
kaniya. **10** Kaya dumaan ang mga tagapagdala ng sulat sa
bawat lungsod sa buong rehiyon ng Efraim at Manases,
hanggang sa Zebulun; ngunit pinagtawanan at kinutya sila
ng mga tao. **11** Gayunpaman, may mga kalalakihan sa Aser
at Manases at Zebulun na nagpakumbaba, at pumunta sa
Jerusalem. **12** Nasa Juda rin naman ang kamay ng Diyos,
upang bigyan sila ng isang puso, upang sumunod sa utos ng
hari at mga pinuno ayon sa salita ni Yahweh. **13** Maraming
tao, isang napakalaking kapulungan, ang nagsamasama
sa Jerusalem upang ipagdiwang ang Pista ng Tinapay na
Walang Lebadura sa ikalawang buwan. **14** Tumindig sila at
inalis ang mga altar na nasa Jerualem at ang lahat ng mga
altar ng insenso; at itinapon ang mga iyon sa batis ng Kidron.
**15** At sa ikalabing-apat na araw ng pangalawang buwan,
pinatay nila ang kordero ng Paskwa. Nahiya ang mga pari
at mga Levita, at inihandog nila ang kanilang mga sarili
kay Yahweh at nagdala sila ng mga handog na susunugin
sa tahanan ni Yahweh. **16** Tumayo sila sa kanilang lugar
ayon sa kanilang pangkat, sinusunod ang utos na nasa

kautusan ni Moises, na lingkod ng Diyos. Iwinisik ng mga
pari ang dugo na tinanggap nila mula sa mga kamay ng mga
Levita. **17** Dahil marami ang naroroon sa kapulungan na
hindi itinalaga ang kanilang mga sarili kay Yahweh, kaya
ang mga Levita ang namahala sa pagkakatay ng korderong
pampaskwa para sa lahat ng hindi nakapaglinis upang ilaan
ang kordero kay Yahweh. **18** Sapagkat marami sa mga
tao, ang karamihan sa kanila ay mula sa Efraim, Manases,
Isacar at Zebulun, ang hindi nakapaglinis ng kanilang sarili,
gayon pa man kumain sila ng pagkaing pampaskwa, labag
sa nakasulat na tagubilin. Ipinanalangin sila ni Ezequias,
na nagsasabing, “Patawarin nawa ng mabuting Yahweh
ang bawa't isa **19** na nagtakda ng kanilang mga puso na
hanapin ang Diyos, na si Yahweh, ang Diyos ng kaniyang
mga ninuno, kahit na hindi siya malinis ayon sa pamantayan
ng paglilinis ng banal na lugar.” **20** Kaya pinakinggan ni
Yahweh si Ezequias at pinagaling niya ang mga tao. **21**
Ipinagdiwang ng mga Israelitang naroon sa Jerusalem ang
pista ng tinapay na walang lebadura sa loob ng pitong araw
na may labis na kagalakan. Araw-araw nagpuri ang mga
Levita at mga pari kay Yahweh, kumakanta kay Yahweh
na may mga instrumentong may malakas na tunog. **22**
Kinausap ni Ezequias nang may panghihimok ang mga
Levita na nakauunawa sa paglilingkod kay Yahweh. Kaya
kumain sila sa kabuuan ng pista sa pitong araw, nag-alay
sila ng mga handog na pangkapayapaan, at ipinagtapat
nila ang kanilang kasalanan kay Yahweh, ang Diyos ng
kanilang mga ninuno. **23** Nagpasya ang buong kapulungan
na magdiwang ng pitong araw pa, at ginawa nga nila nang
may kagalakan. **24** Sapagkat nagbigay sa kapulungan si
Ezequias na hari ng Juda ng isang libong toro at pitong
libong tupa bilang alay; at nagbigay ang mga pinuno sa
kapulungan ng isang libong toro at sampung libong tupa at
mga kambing. Maraming bilang ng mga pari ang nagtalaga
ng kanilang mga sarili kay Yahweh. **25** Nagalak ang buong
kapulungan ng Juda, kasama ang mga pari at mga Levita, at
ang lahat ng mga taong dumating mula sa Israel, pati na rin
ang mga dayuhan na mula sa lupain ng Israel at ang mga
naninirahan sa Juda. **26** Kaya may labis na kagalakan sa
Jerusalem, sapagkat simula sa panahon ni Solomon na anak
ni David, na hari ng Israel, ay wala pang nangyaring katulad
nito sa Jerusalem. **27** Pagkatapos, tumayo ang mga pari at
mga Levita at pinagpala ang mga tao. Narinig ang kanilang
tinig at umabot ang kanilang dalangin sa kalangitan, ang
banal na lugar kung saan naninirahan ang Diyos.

**31** Ngayon nang matapos ang lahat ng ito, pumunta sa
lungsod ng Juda ang lahat ng mga Israelita naroon at
dinurog ang sagradong haliging mga bato, pinutol ang mga
imahen ni Ashera, at giniba ang mga dambana at mga altar
sa buong Juda at Benjamin. Ginawa rin nila ito sa Efraim at
Manases, hanggang sa mawasak nilang lahat ang mga ito.
At bumalik ang mga tao ng Israel, bawat isa sa kaniyang
sariling lupain at lungsod. **2** Itinalaga ni Ezequias ang mga
pari sa kanila mga pangkat at ang mga Levita at isinaayos
ayon sa kanilang mga pangkat, itinalaga ang bawat isa sa
kani-kaniyang gawain, ang mga pari at mga Levita. Itinalaga
niya sila upang ihanda ang mga handog na susunugin at
mga handog para sa pangkapayapaan, upang maglingkod,
upang magbigay pasasalamat, at upang magpuri sa mga
tarangkahan ng templo ni Yahweh. **3** Itinalaga rin niya ang
ibabahagi ng hari para sa handog na susunugin mula sa
kaniyang sariling ari-arian, ito ay, para sa umaga at sa gabing
handog na susunugin, at ang mga handog na susunugin para
sa araw ng mga pamamahinga, sa mga bagong buwan, at
sa mga nakatakdang pista, ayon sa nakasulat sa kautusan ni
Yahweh. **4** Bukod dito, inutusan niya ang mga taong nakatira
sa Jerusalem na ibigay ang mga nakalaan para sa mga pari
at sa mga Levita, upang mapag-ukulan nila ng panahon
ang kanilang pagsunod sa kautusan ni Yahweh. **5** Nang
mailabas ang kautusan, nagbigay agad ng masagana ang
mga Israelita ng unang bunga ng butil, bagong alak, langis,
pulot, at lahat ng mula sa kanilang inani sa mga bukirin; at
masagana rin nilang dinala ang ikasampung bahagi ng lahat
ng bagay. **6** Nagdala rin ang mga tao ng Israel at judah na
naninirahan sa lungsod ng Juda ng ikasampung bahagi ng
bakahan, kawan ng tupa, at ang ikasampung bahagi ng mga
bagay na nailaan kay Yahweh na kanilang Diyos, at inilatag
ang mga ito sa maraming bunton. **7** Inumpisahan nilang
ilatag ang mga bunton noong ikatlong buwan at natapos
nila sa ikapitong buwan. **8** Nang pumunta si Ezequias at
ang mga namumuno at nakita ang napakaraming bunton,
pinagpala nila si Yahweh at ang mga taga-Israel. **9** At
tinanong ni Ezequias ang mga pari at ang mga Levita tungkol
sa mga napakaraming bunton. **10** Sinagot siya ni Azarias,
ang pinakapunong pari sa tahanan ni Zadok, at sinabing,
“Nang magsimulang magdala ng mga handog sa tahanan
ni Yahweh ang mga tao, nakakain kami ng higit sa sapat
at marami pang natira, sapagkat pinagpala ni Yahweh ang
kaniyang mga tao. At malaking bilang pa rin ang naiwan sa
mga ito.” **11** Pagkatapos, nag-utos si Ezequias na maghanda
ng silid imbakan sa tahanan ni Yahweh, at inihanda ang mga
ito. **12** At tapat silang nagdadala ng mga handog, ng ikapu
at ng lahat ng bagay na para kay Yahweh. Si Conanias, na
isang Levita, ang tagapangasiwa sa mga ito, at si Simie
na kaniyang kapatid ang pumapangalawa sa kaniya. **13**
sina Jehiel, Azazias, Nahat, Asael, Jerimot, Josabad, Eliel,
Ismaquias, Mahat, at Benaias ang mga tagapangasiwa sa
ilalim ng pamamahala ni Conanias at si Simei na kaniyang

kapatid, sa pamamagitan ng pagtalaga ni Ezequias, na hari
at si Azarias, na tagapangasiwa sa tahanan ng Diyos. **14** At
si Korah na anak ni Imna na Levita, na bantay sa silangang
tarangkahan, ang namamahala sa mga kusang kaloob na
handog sa Diyos, at siya ang namamahala sa pamamahagi
ng mga handog kay Yahweh at ng mga handog na inilaan
kay Yahweh. **15** Sa ilalim ng kaniyang pamamahala ay
sina Eden, Minyamin, Jeshua, Semaya, Amarias, Semaya,
Amarias at si Secanias sa mga lungsod ng mga pari. Sila ang
nasa takdang katungkulan upang maibigay ang handog na
ito sa kanilang mga kapatid sa bawat pangkat, sa mahalaga
at hindi mahalaga. **16** Nagbigay din sila sa mga lalaking
may tatlong gulang at pataas na kabilang sa talaan ng mga
angkan—ang lahat ng pumasok sa tahanan ni Yahweh,
ayon sa nakatakda araw-araw, upang gawin ang kanilang
tungkulin sa bawat pangkat. **17** Nagbigay din sila sa mga
kabilang sa mga talaan ng angkan ng kanilang mga ninuno,
at sa mga Levitang dalawampu at pataas ang gulang, bawat
pangkat ay nabigyan ng kani-kanilang tungkulin. **18** Nagbigay
sila sa mga—kabilang sa talaan ng angkan—kasama ang
kanilang mga maliliit na anak, ang kanilang mga asawa,
kanilang mga anak na lalaki at mga anak na babae, sa lahat
ng kabuuan ng mga tao—sapagkat inilaan nila ang kanilang
mga sarili kay Yahweh upang maging banal para sa kanilang
tungkulin na ipinagkatiwala sa kanila. **19** Ang mga pari na
kaapu-apuhan ni Aaron, na nakatira sa mga bukirin sa mga
nayon na kabahagi ng kanilang mga lungsod, o sa bawat
lungsod, doon ay may pinangalanan na mga kalalakihan na
nakatalaga upang magbigay ng bahagi para sa lahat ng mga
kalalakihang kasama ng mga pari, at ang lahat na kabilang
sa talaan ng angkan na kasama ng mga Levita. **20** Ginawa
ni Ezequias ang mga ito sa buong Juda. Ginawa niya kung
ano ang mabuti, tama, at tapat sa harapan ni Yahweh na
kaniyang Diyos. **21** Sa bawat proyekto na kaniyang sinimulan
sa paglilingkod sa tahanan ng Diyos, sa batas, at sa mga
kautusan, upang hanapin ang kaniyang Diyos, ginawa niya
ito nang buong puso, at nagtagumpay siya.

**32** Pagkatapos ng mga bagay na ito at ang mga gawaing
ito na nagpapakita ng katapatan, si Sinaquerib, ang
hari ng Asiria, ay dumating at pumasok sa Juda; nagkampo
siya upang lusubin ang mga matitibay na lungsod, na binalak
niyang sakupin. **2** Nang makita ni Ezequias na dumating
si Senaquerib at nilalayon na labanan ang Jerusalem, **3**
sumangguni siya sa kaniyang mga pinuno at sa kaniyang
mga makapangyarihang tauhan upang harangan ang tubig
ng mga bukal na nasa labas ng lungsod; tinulungan nila
siyang gawin ito. **4** Kaya maraming tao ang nagtipon-tipon
at hinarangan ang lahat ng mga bukal at ang sapa na
dumadaloy sa kalagitnaan ng lupain. Sinabi nila, "Bakit
paririto ang mga Hari ng Asiria at makakasumpong ng
maraming tubig?" **5** Nagkaroon si Ezequias ng lakas ng
loob at itinayo ang lahat ng mga pader na nasira; pinataas
niya ang mga ito hanggang sa mga tore, gayon din ang
iba pang mga pader na nasa labas. Pinatibay din niya ang
Millo sa lungsod ni David, at gumawa siya ng maraming
bilang ng mga sandata at mga kalasag. **6** Naglagay siya
ng mga pinunong kawal na mangangasiwa sa mga tao.
Tinipon niya silang sama-sama sa kaniyang harapan sa
malawak na lugar sa tarangkahan ng lungsod at pinalakas
niya ang kanilang kalooban. Sinabi niya, **7** "Magpakalakas at
magpakatapang kayo. Huwag kayong matakot o panghinaan
ng loob dahil sa hari ng Asiria at sa lahat ng mga hukbo na
kasama niya, Sapagkat kasama natin ang mas malakas
kaysa sa mga kasama niya. **8** Kawal lamang sa laman ang
mga kasama niya, ngunit kasama natin si Yahweh, na ating
Diyos, upang tulungan tayo, at upang makipaglaban para
sa atin." At pinalakas nila ang loob ng bawat isa ayon sa
sinalita ni Ezequias, na hari ng Juda. **9** Pagkatapos nito,
si Sinaquerib, na hari ng Asiria ay nagpadala ng kaniyang
mga lingkod sa Jerusalem (ngayon siya ay nasa harap na
ng Laquis at ang lahat ng kaniyang mga kawal ay kasama
niya), para kay Ezequias, na hari ng Juda, at sa lahat ng
taga-Juda na nasa Jerusalem. Sinabi niya, **10** "Ito ang sinabi
ni Sinaquerib, na hari ng Asiria: 'Sa ano kayo umaaasa
upang mapagtiisan ninyo ang isang nakaambang paglusob
sa Jerusalem? **11** Hindi ba nililinlang kayo ni Ezequias,
upang mamatay kayo sa pamamagitan ng pagkagutom
at pagka-uhaw, nang sinabi niya sa inyo, "Ililigtas tayo ni
Yahweh mula sa kamay ng hari ng Asiria?" **12** Hindi ba ito rin
ang Ezequias na nag-alis sa kaniyang mga dambana at sa
kaniyang mga altar, at inutusan ang Juda at Jerusalem, "sa
isang altar kayo sasamba at dito ninyo susunugin ang inyong
mga alay?" **13** Hindi ba ninyo alam kung ano ang ginawa
ko at ng aking mga ninuno sa lahat ng mga lahi ng ibang
mga lupain? Nailigtas ba ng mga diyos ng mga ibang mga
lahi sa anumang paraan ang kanilang lupain mula sa aking
kapangyarihan? **14** Sa lahat ng mga diyos ng mga bansang
iyon na lubusang sinira ng aking mga ninuno, mayroon bang
diyos na may kakayahang iligatas ang kaniyang bayan mula
sa aking mga kamay? Bakit kayo maililigtas ng inyong Diyos
mula sa aking kapangyarihan? **15** Ngayon huwag ninyong
hayaan na linlangin o hikayatin kayo ni Ezequias sa paraang
ito. Huwag kayong maniwala sa kaniya, sapagkat wala
diyos ng anumang bansa o kaharian ang nakapagligtas ng
kaniyang bayan mula sa aking mga kamay, o mula sa kamay
ng aking mga ninuno. Gaano pa kaya kayo ililigtas ng ang
inyong Diyos mula ssa aking kamay?" **16** Nagsalita pa ang
mga alipin ni Sinaquerib ng mas marami laban kay Yahweh

na Diyos at sa lingkod niyang si Ezequias. **17** Sumulat din si
Sinaquerib ng liham upang kutyain si Yahweh, ang Diyos
ng Israel, at upang magsalita ng laban sa kaniya. Sinabi
niya, "Gaya ng mga diyos ng mga tao sa mga lupain na
hindi nailigtas ang kanilang mga tao sa aking mga kamay,
gayundin ang Diyos ni Ezequias na hindi kayang iligtas ang
kaniyang mga tao sa aking mga kamay." **18** Sumigaw sila
nang malakas gamit ang salita ng mga Judio sa mga taga-
Jerusalem na nasa pader, upang takutin at guluhin sila,
nang sa gayon, masakop nila ang lungsod. **19** Nagsalita
sila sa Diyos ng Jerusalem gaya ng pagsasalita nila sa
diyos ng ibang mga tao sa lupa, na gawa lamang ng kamay
ng tao. **20** Si haring Ezequias, at si propetang Isaias na
anak ni Amos ay nanalangin dahil sa mga pangyayaring
ito at nagmakaawa sa langit. **21** Nagsugo si Yahweh ng
isang anghel, na pumatay sa mga mandirigma, sa mga
pinuno ng kawal, at sa mga pinuno ng hari sa kampo. Kaya
kahiya-hiyang bumalik si haring Senaquerib sa kaniyang
sariling lupain. Nang pumunta siya sa tahanan ng kaniyang
diyos, pinatay siya ng ilan sa kaniyang sariling anak gamit
ang espada. **22** Sa ganitong paraan, iniligtas ni Yahweh
si Ezequias at ang mga naninirahan sa Jerusalem mula
sa kamay ni Sinaquerib, ang hari ng Asiria, at mula sa
lahat ng kamay ng iba, at pinatnubayan sila sa lahat ng
paraan. **23** Maraming nagdala ng kaloob kay Yahweh sa
Jerusalem, at mga mahahalagang bagay kay Ezequias,
ang hari ng Judah, kaya naging tanyag siya sa paningin
ng lahat ng bansa mula sa panahong iyon at sa sumunod
pang mga panahon. **24** Sa mga panahong iyon nagkasakit
si Ezequias na halos malapit na niyang ikamatay. Kaya
nanalangin siya kay Yahweh, na nagsalita sa kaniya na
nagbigay ng tanda sa kaniya na siya ay gagaling. **25** Ngunit
hindi tumanaw ng utang na loob si Ezequias kay Yahweh
sa tulong na ibinigay sa kaniya, sapagkat nagmalaki ang
kaniyang puso. Kaya dumating ang galit sa kaniya, sa
Judah at sa Jerusalem. **26** Gayunman, sa bandang huli
nagpakumbaba siya sa pagmamataas ng kaniyang puso,
siya at kasama ang mga mamamayan ng Jerusalem, kaya
hindi dumating ang galit ni Yahweh sa kanila sa panahon
ng paghahari ni Ezequias. **27** Nagkaroon ng maraming
kayamanan at karangalan si Ezequias. Nagpagawa siya
para sa kaniya ng silid imbakan para sa mga pilak, ginto,
mamahaling mga bato at para sa mga pampalasa, at para
din sa mga kalasag at para sa lahat ng uri ng mamahaling
bagay. **28** Mayroon din siyang mga bahay imbakan para sa
mga inaning butil, bagong alak, at langis; at kuwadra para sa
lahat ng uri ng mga hayop; mayroon din siyang mga kawan
sa kanilang kural. **29** Bukod pa rito, nagpatayo siya para
sa kaniyang sarili ng mga lungsod at nagkaroon siya ng
napakaraming mga tupa at mga kawan, sapagkat binigyan
siya ng Diyos ng napakaraming kayamanan. **30** Si Ezequias
din na ito ang nagpatigil sa bukal ng tubig sa itaas ng Gihon,
at pinaagos ito pababa patungo sa gilid ng kanlurang bahagi
ng lungsod ni David. Nagtagumpay si Ezequias sa lahat
ng kaniyang gawain. **31** Gayun pa man, tungkol sa mga
sugo ng mga prinsipe ng Babilonia na pinapunta sa kaniya
upang magtanong tungkol sa mga kamangha-manghang
nangyari sa lupain, hinayaan siya ng Diyos, upang subukin
siya, at upang alamin ang lahat ng nasa kaniyang puso. **32**
Sa iba pang mga bagay tungkol kay Ezequias, kabilang ang
kaniyang mga gawa na nagpapakita ng katapatan, makikita
ninyo na nakasulat ang mga ito sa Pangitain ni Propeta
Isaias na Anak ni Amoz, at sa Aklat ng mga Hari ng Judah
at Israel. **33** Namatay si Ezequias gaya ng kaniyang mga
ninuno, at inilibing siya sa burol ng libingan ng mga kaapu-
apuhan ni David. Sa kaniyang burol pinarangalan siya ng
lahat ng mga taga-Juda at lahat ng mga naninirahan sa
Jerusalem. Pumalit sa kaniya bilang hari ang kaniyang anak
na lalaki na si Manases.

**33** Labing dalawang taong gulang si Manases nang
nagsimula siyang maghari; naghari siya ng limampu't
limang taon sa Jerusalem. **2** Ginawa niya kung ano ang
masama sa paningin ni Yahweh, tulad ng mga kasuklam-
suklam na ginawa ng mga tao na pinalayas ni Yahweh bago
dumating ang mga mamamayan ng Israel. **3** Sapagkat itinayo
niyang muli ang dambana na giniba ni Ezequias, na kaniyang
ama, nagpagawa siya ng altar para kay Baal, at nagtayo
siya ng imahen ni Ashera, at lumuhod siya upang sambahin
ang lahat ng mga bituin sa langit. **4** Nagtayo si Manases ng
mga altar ng mga pagano sa tahanan ni Yahweh, bagaman
iniutos ni Yahweh na, "Dito sa Jerusalem sasambahin ang
aking pangalan magpakailanman." **5** Nagtayo siya ng mga
altar para sa lahat ng bituin sa langit sa dalawang patyo sa
tahanan ni Yahweh. **6** Inihandog niya ang kaniyang mga
anak bilang mga handog na susunugin sa lambak ng Ben
Hinnom; nagsagawa siya ng panghuhula, pangkukulam
at salamangka, at sumangguni sa mga nakikipag-usap sa
mga patay at sa mga nakikipag-usap sa espiritu. Marami
siyang isinasagawang masasama sa paningin ni Yahweh,
at ginalit niya ang Diyos. **7** Ang inukit na imahen ni
Ashera na kaniyang pinagawa, inilagay niya ito sa tahanan
ng Diyos. Ang tahanang ito ang tinutukoy ng Diyos kay
David at sa kaniyang anak na si Solomon. Sinabi niya
"Sa bahay na ito at sa Jerusalem, na aking pinili mula sa
lahat ng mga tribo ng Israel, dito sasambahin ang aking
pangalan magpakailanman. **8** Hindi ko palalayasin ang mga
Israelita kailanman sa lupain na aking ibinigay sa kanilang
mga ninuno, kung maingat lamang nilang susundin ang

lahat ng iniutos ko sa kanila, susundin ang lahat ng mga
batas, kautusan, at alituntunin na ibinigay ko sa kanila sa
pamamagitan ni Moises." 9 Pinamunuan ni Manases ang mga
taga-Judah at ang mga nakatira sa Jerusalem na gumawa ng
masasama ng higit pa sa ginawa ng mga bansang pinuksa ni
Yahweh bago dumating ang mga mamamayan ng Israel. 10
Nakipag-usap si Yahweh kay Manases, at sa kaniyang mga
tao; ngunit hindi nila pinakinggan. 11 Kaya ipinasalakay sila
ni Yahweh sa pinuno ng hukbo ng Hari ng Asiria, na bumihag
kay Manases nang nakakadena, at nilagyan ng tanikala ang
kanyang mga paa, at dinala siya sa Babilonia. 12 Nang
nagdurusa si Manases, nagmakaawa siya kay Yahweh, na
kaniyang Diyos at labis siyang nagpakumbaba sa Diyos
ng kaniyang mga ninuno. 13 Nanalangin siya sa kaniya; at
nagmakaawa siya sa Diyos, at dininig ng Diyos ang kaniyang
pagmamakaawa at dinala siya pabalik sa Jerusalem, sa
kaniyang pagiging hari. At napagtanto ni Manases na Diyos
si Yahweh. 14 Pagkatapos nito, gumawa si Manases ng
panlabas na pader sa lungsod ni David, sa kanlurang
bahagi ng Gihon, sa lambak, hanggang sa pasukan na
tinatawag na Isdang Tarangkahan. Pinalibutan niya ang
burol ng Ofel ng mga napakataas na pader. Naglagay siya
ng mga matatapang na pinuno ng kawal sa lahat ng mga
pinagtibay na lungsod ng Juda. 15 Inalis niya ang mga
diyos ng mga dayuhan, inalis niya ang mga diyus-diyosang
mula sa tahanan ni Yahweh at lahat ng altar na itinayo
niya sa bundok ng tahanan ni Yahweh at sa Jerusalem,
at itinapon ang mga ito palabas ng lungsod. 16 Ipinatayo
niyang muli ang altar ni Yahweh at naghandog doon ng
mga handog pangkapayapaan at handog ng pasasalamat;
inutusan niya ang Juda na maglingkod kay Yahweh, ang
Diyos ng Israel. 17 Gayuman nag-alay pa rin ang mga tao sa
dambana, ngunit ang kanilang alay ay kay Yahweh lamang,
na kanilang Diyos. 18 Tungkol naman sa iba pang mga
bagay ukol kay Manases, ang panalangin niya sa kaniyang
Diyos, at ang sinabi ng mga Propetang nakipag-usap sa
kaniya sa pangalan ni Yahweh, na Diyos ng Israel, nakasulat
ang mga ito sa mga ginawa ng mga hari ng Israel. 19
Gayundin, ang kaniyang panalangin at kung paano siya
nagmakaawa sa Diyos, lahat ng kaniyang kasalanan at
paglabag, at ang mga lugar kung saan siya nagtayo ng mga
dambana at naglagay ng mga imahen ni Ashera at ng mga
inukit na imahe bago siya nagpakumbaba—nakasulat ang
mga ito sa Kasayasayan ng mga Propeta. 20 Namatay si
Manases kasama ang kaniyang mga ninuno at inilibing siya
sa kaniyang sariling bahay. Si Ammon, na kaniyang anak,
ang pumalit sa kaniya bilang hari. 21 Dalawampu't dalawang
taon si Ammon nang siya ay nagsimulang maghari; naghari
siya ng dalawang taon sa Jerusalem. 22 Ginawa niya kung
ano ang masama sa paningin ni Yahweh, gaya ng ginawa ng
kaniyang amang si Manases. Naghandog siya sa lahat ng
inukit na imahe na ginawa ng kaniyang amang si Manases,
at sinamba niya ang mga ito. 23 Hindi siya nagpakumbaba
sa harapan ni Yahweh, gaya ng ginawa ng kaniyang amang
si Manases. Sa halip, lalo pang nagkasala si Ammon. 24
Ang kaniyang mga lingkod ay nagsabwatan laban sa kaniya
at pinatay siya sa kaniyang sariling bahay. 25 Ngunit pinatay
ng mga tao ang lahat ng mga nagsabwatan laban kay haring
Ammon, at ginawa nila si Josias, na kaniyang anak, bilang
hari na kapalit niya.

**34** Walong taong gulang si Josias nang magsimula siyang
maghari. Tatlumpu't isang taon siyang naghari sa
Jerusalem. 2 Ginawa niya kung ano ang tama sa mga mata
ni Yahweh at sumunod sa mga yapak ni David na kaniyang
ninuno, at hindi lumingon sa kanan man o sa kaliwa. 3 Dahil
sa ikawalong taon ng kaniyang paghahari, habang siya ay
bata pa, sinimulan niyang hanapin ang Diyos ni David na
kaniyang ninuno. Sa ikalabing dalawang taon, sinimulan
niyang linisin ang Juda at Jerusalem mula sa mga dambana,
mga imahen ni Ashera, at mga inukit na mga imahe, at
ang mga molde ng imahe na gawa sa metal. 4 Giniba ng
mga tao ang mga altar ng mga Baal sa kaniyang harapan.
Binasag niya ang mga altar ng insenso na nasa ibabaw nila.
Giniba niya ang mga imahen ni Ashera at ang mga inukit
naimahe sa pira-piraso hanggang sa maging abo ang mga
ito. Ikinalat niya ang abo sa mga libingan ng mga taong nag-
alay sa mga ito. 5 Sinunog niya ang mga buto ng kanilang
mga pari sa kanilang mga altar. Sa ganitong paraan, nilinis
niya ang Juda at ang Jerusalem. 6 Ginawa rin niya ito sa
mga lungsod ng Manases, Efraim, at Simeon, hanggang
sa Neftali, at sa mga nawasak na lugar na nakapalibot
sa kanila. 7 Giniba niya ang mga altar, dinurog ang mga
imahen ni Ashera at ang mga inukit na imahe hanggang sa
naging pulbos ang mga ito, at hinati-hati ang lahat ng altar
ng insenso sa lahat ng dako ng lupain ng Israel. Pagkatapos
ay bumalik siya sa Jerusalem. 8 Ngayon sa ikalabing-
walong taon ng kaniyang paghahari, matapos linisin ni Josias
ang lupain at ang templo, ipinadala niya si Safan na anak
ni Azalias, si Maasias, ang gobernador ng lungsod, at si
Joas na anak ni Joahaz na nakalihim upang ipaayos ang
tahanan ni Yahweh na kaniyang Diyos. 9 Pumunta sila
kay Hilkias, ang pinakapunong pari at ipinagkatiwala sa
kaniya ang pera na dinala sa tahanan ng Diyos na tinipon
ng mga Levita, ng mga bantay ng mga pintuan mula sa
Manases at Efraim, mula sa lahat ng mga naninirahan sa
Israel, mula sa buong Juda at Benjamin at mula sa mga
naninirahan sa Jerusalem. 10 Ipinagkatiwala nila ang pera
sa mga kalalakihang namamahala sa mga gawain sa templo

ni Yahweh. Binayaran ng mga kalalakihang ito ang mga
manggagawang nag-ayos muli ng templo. **11** Ibinayad nila
ito sa mga karpentero at mga manggagawa, upang bumili
ng mga tabas na bato, at mga kahoy na panghalang at
para gumawa ng mga barakilan para sa mga gusali na
pinabayaan ng ilang mga hari na magiba. **12** Ginawa ng mga
kalalakihan ang kanilang trabaho nang tapat. Ang kanilang
mga tagapamahala ay sina Jahat at Obadias, ang mga
Levita, na mga anak ni Merari; at sina Zacarias at Mesulam,
mula sa mga anak ng mga taga-Kohat. Ang ibang mga
Levita, na mahuhusay na manunugtog ay pinamahalaan ang
mga trabahador. **13** Ang mga Levitang ito ang namahala
sa mga nagbuhat ng mga materyales na kinakailangan sa
gawain at sa lahat ng mga kalalakihang nagtrabaho sa
kahit na anong paraan. Mayroon ding mga Levita na mga
kalihim, mga administrador at mga bantay ng tarangkahan.
**14** Nang inilabas nila ang salapi na ipinasok sa tahanan ni
Yahweh, natagpuan ni Hilkias na pari Ang Aklat ng Kautusan
ni Yahweh na ibinigay sa pamamagitan ni Moises. **15** Sinabi
ni Hilkias sa eskribang si Safan, "Natagpuan ko ang Aklat ng
Kautusan sa tahanan ni Yahweh." Dinala ni Hilkias ang aklat
kay Safan. **16** Dinala ni Safan ang aklat sa hari at ibinalita
sa kaniya, "Ginagawa ng inyong mga lingkod ang lahat
ng ipinagkatiwala sa kanila. **17** Ibinuhos nila ang salaping
natagpuan sa loob ng tahanan ni Yahweh, at ipinagkatiwala
nila ito sa mga tagapamahala at sa mga trabahador." **18**
Sinabi ng eskribang si Safan sa hari, "Binigyan ako ng paring
si Hilkias ng isang aklat." Pagkatapos ay binasa ito ni Safan
sa hari. **19** At nangyari nang marinig ng hari ang mga salita
ng kautusan, pinunit niya ang kaniyang mga kasuotan. **20**
Inutusan ng hari si Hilkias, si Ahikam na anak ni Safan, si
Abdon na anak ni Mica, sa eskribang si Safan, at si Asias na
kaniyang sariling lingkod, sinabi niya, **21** "Pumunta kayo
at itanong ninyo ang kagustuhan ni Yahweh para sa akin
at para sa mga naiwan sa Israel at sa Juda dahil sa mga
salita ng aklat na natagpuan. Sapagkat malaki ang galit ni
Yahweh na ibinuhos sa atin. Dahil ang ating mga ninuno ay
hindi nakinig sa mga salita ng aklat na ito upang sundin ang
lahat ng nakasulat dito." **22** Kaya si Hilkias at ang lahat ng
inutusan ng hari ay pumunta kay Hulda na isang babaeng
propeta, ang asawa ni Sallum na anak ni Tokat na anak ni
Hasra, ang tagapag-ingat ng kasuotan (nanirahan siya sa
Jerusalem sa Ikalawang Distrito) at nakipag-usap sila sa
kaniya sa ganitong paraan: **23** Sinabi niya sa kanila, "Ito ang
sinasabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: 'Sabihin ninyo sa
taong nagpadala sa inyo sa akin, **24** "Ito ang sinasabi ni
Yahweh: 'Tingnan ninyo, magpapadala ako ng sakuna sa
lugar na ito at sa mga naninirahan dito, ang lahat ng mga
sumpang naisulat sa aklat na kanilang nabasa sa harapan
ng hari ng Juda. **25** Dahil tinalikuran nila ako at nagsunog
sila ng insenso sa ibang mga diyos, upang galitin ako sa
lahat ng kanilang mga ginawa—kung gayon ibubuhos ko
ang aking galit sa lugar na ito, at hindi ito mapapawi."' **26**
Ngunit sa hari ng Juda, na siyang nagpadala sa inyo upang
tanungin ang kagustuhan ni Yahweh, ito ang sasabihin ninyo
sa kaniya: "Ito ang sinabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel:
Tungkol sa mga salitang narinig mo: **27** 'dahil malambot ang
iyong puso at nagpakumbaba ka sa harapan ng Diyos nang
marinig mo ang kaniyang mga salita laban sa lugar na ito at
sa mga naninirahan dito, at dahil nagpakumbaba ka sa aking
harapan at pinunit mo ang iyong kasuotan at umiyak sa aking
harapan, nakinig din ako sa iyo'—ito ang pahayag ni Yahweh.
**28** 'Tingnan mo, titipunin kita kasama ng iyong mga ninuno at
magsasama-sama kayo sa inyong libingan nang payapa, at
hindi mo makikita ang anuman sa mga sakunang ibibigay ko
sa lugar na ito at sa mga naninirahan dito."'"' Kaya dinala ng
mga kalalakihan ang mensaheng ito sa hari. **29** Pagkatapos
nagpadala ng mga mensahero ang hari at tinipon ang lahat
ng mga nakatatanda ng Juda at Jerusalem. **30** Pagkatapos
ay umakyat ang hari sa tahanan ni Yahweh, at ang lahat ng
mga tao sa Juda at ang mga naninirahan sa Jerusalem,
ang mga pari, ang mga Levita, at ang lahat ng tao mula sa
mga dakila hanggang sa mga hamak. Binasa niya sa kanila
ang lahat ng salita ng Aklat ng Kautusan na natagpuan
sa tahanan ni Yahweh. **31** Tumayo ang hari sa kaniyang
lugar at nakipagtipan sa harap ni Yahweh, na susunod siya
kay Yahweh, at susundin niya ang kaniyang mga kautusan,
ang kaniyang tipan ng katapatan, at ang kaniyang mga
batas nang buong puso at kaluluwa, na susundin niya
ang mga salita ng kasunduan na nakasulat sa aklat na
ito. **32** Pinanumpa niya ang lahat ng taong matatagpuan
Jerusalem at Benjamin na sumunod sa kasunduan. Ang
mga mamamayan ng Jerusalem ay sumunod sa kasunduan
ng Diyos, ang Diyos ng kanilang mga ninuno. **33** Tinanggal
ni Josias ang lahat ng mga kasuklam-suklam na bagay
mula sa mga lupain na pagmamay-ari ng mga Israelita.
Pinasamba niya ang lahat ng mga Israelita kay Yahweh, na
kanilang Diyos. Sa lahat ng kaniyang mga araw, hindi sila
tumalikod sa pagsunod kay Yahweh, ang Diyos ng kanilang
mga ninuno.

**35** Ipinagdiwang ni Josias ang Paskwa para kay Yahweh sa
Jerusalem at pinatay nila ang mga tupang pampaskwa
sa ikalabing apat na araw ng unang buwan. **2** Itinalaga niya
ang mga pari sa kani-kanilang mga posisyon at hinikayat
silang maglingkod sa tahanan ni Yahweh. **3** Sinabi niya sa
mga Levitang nagturo sa buong Israel, na tapat kay Yahweh,
"Ilagay ninyo ang banal na kaban sa bahay na itinayo ni
Solomon na anak ni David, hari ng Israel. Huwag na ninyo

itong buhatin sa inyong mga balikat. Ngayon ay sambahin
ninyo si Yahweh, na inyong Diyos, at paglingkuran ang
kaniyang sambayanang Israel. 4 Ayusin ninyo ang inyong
mga sarili ayon sa pangalan ng inyong mga sambahayan
at inyong mga pangkat, na sinusunod ang mga nakasulat
na tagubilin ni David, ang hari ng Israel at ni Solomon na
kaniyang anak. 5 Tumayo kayo sa banal na lugar, ayon
sa inyong posisyon kasama ang inyong mga pangkat sa
loob ng mga sambahayan ng inyong mga kapatid, ang mga
kaapu-apuhan ng mga tao, at ayon sa inyong posisyon sa
inyong mga pangkat sa loob ng sambahayan ng mga Levita.
6 Katayin ninyo ang mga tupang pampaskwa at ilaan ninyo
ang inyong mga sarili kay Yahweh. Ihanda ninyo ang mga
tupa para sa inyong mga kapatid na mga Israelita. Gawin
ninyo iyon bilang pagsunod sa salita ni Yahweh na ibinigay
kay Moises." 7 Nagbigay si Josias sa lahat ng taong naroon
ng tatlumpung libong tupa at mga batang kambing mula sa
mga kawan para sa mga handog para sa Paskwa. Nagbigay
din siya ng tatlong libong toro, ang mga ito ay mula sa mga
pagmamay-ari ng hari. 8 Ang kaniyang mga tagapamuno ay
nagbigay ng kusang loob na handog sa mga tao, mga pari,
at mga Levita. Sina Hilkias, Zacarias at Jehiel, ang mga
opisyal na namamahala sa bahay ng Diyos ay nagbigay
sa mga pari para sa mga handog sa Paskwa ng 2, 600 na
maliliit na mga kambing at tatlong daang baka. 9 Gayun din
sina Conanias, at Semaya, Natanael, ang kaniyang mga
kapatid, sina Hosabias, Jehiel at Jozabad, ang mga pinuno
ng mga Levita ay nagbigay sa mga Levita ng mga handog
sa Paskwa ng limang libong maliliit na kambing at limang
daang mga baka. 10 Kaya ang paglilingkod ay nakahanda
na at tumayo ang mga pari sa kani-kaniyang mga puwesto,
kasama ng mga Levita sa kani-kanilang mga pangkat bilang
pagsunod sa utos ng hari. 11 Kinatay nila ang mga tupang
pampaskwa at isinaboy ng mga pari ang dugo na kanilang
tinanggap mula sa mga kamay ng mga Levita at binalatan
naman ng mga Levita ang mga tupa. 12 Inalis nila ang mga
handog na susunugin upang ibigay ito sa mga pangkat ng
mga sambahayan ng mga tao, upang ihandog ang mga ito
kay Yahweh, gaya ng nasusulat sa Aklat ni Moises. Ganoon
din ang ginawa nila sa mga toro. 13 Inihaw nila sa apoy
ang mga tupang pampaskwa gaya ng sinasabi ng tagubilin.
Para naman sa mga handog na nakalaan, pinakuluan nila
ito sa mga palayok, kaldero at mga kawali, at mabilis nila
itong dinala sa mga tao. 14 Hindi nagtagal ay inihanda
nila ang mga handog para sa kanilang mga sarili at para
sa mga pari, dahil ang mga pari, ang mga kaapu-apuhan
ni Aaron ay abala sa paghahandog ng mga handog na
susunugin at ang taba hanggang sa gumabi, kaya inihanda
ng mga Levita ang mga handog para sa kanilang sarili at
para sa mga pari, ang mga kaapu-apuhan ni Aaron. 15 Ang
mga mang-aawit, ang mga kaapu-apuhan ni Asaf ay nasa
kanilang mga pwesto, gaya ng iniutos ni David, sina Asaf,
Heman at Jeduthun, ang mga propeta ng hari. Nasa bawat
tarangkahan ang mga bantay, hindi nila kinakailangang
umalis sa kanilang mga pwesto dahil ang kanilang mga
kapatid na mga Levita ang naghanda ng mga handog para
sa kanila. 16 Kaya, sa panahon iyon, ang kabuuan ng
paglilingkod kay Yahweh ay ginawa para sa pagdiriwang
ng Paskwa at para maghandog ng handog na susunugin
sa altar ni Yahweh, gaya ng iniutos ni Haring Josias. 17
Ipinagdiwang ng mga Israelitang naroon ang Paskwa sa
panahong iyon at pagkatapos ay ang Pista ng Tinapay
na Walang Lebadura sa loob ng pitong araw. 18 Hindi pa
nagkaroon ng ganitong pagdiriwang ng Paskwa mula sa
panahon ng propetang si Samuel, at hindi ipinagdiwang ng
kahit sino sa mga naging hari ng Israel ang Paskwa na gaya
ng ginawa ni Josias, kasama ang mga pari, ang mga Levita,
at lahat ng mga tao ng Juda at Israel na naroon at ang mga
mamamayan ng Jerusalem. 19 Ipinagdiwang ang Paskwang
ito sa ikalabing-walong taon ng paghahari ni Josias. 20
Pagkatapos ng lahat ng ito, pagkatapos isaayos ni Josias
ang templo, si Neco na hari ng Ehipto ay pumunta upang
makipaglaban sa Carquemis sa ilog ng Eufrates at pumunta
si Josias upang labanan siya. 21 Ngunit nagpadala ng mga
sugo si Neco sa kaniya at sinabing, "Ano ang gagawin ko
sa iyo, hari ng Juda? Hindi ako naparito upang labanan
ka sa araw na ito kundi laban sa sambahayan na aking
kinakalaban. Inutusan ako ng Diyos na magmadali, kaya
huwag mong hadlangan ang Diyos, na siyang kasama ko,
kung hindi ay wawasakin ka niya." 22 Gayun pa man, ayaw
tumalikod ni Josias sa kaniya. Nagbalatkayo siya upang
makipaglaban sa kaniya. Hindi siya nakinig sa mga salita ni
Neco na nagmula sa bibig ng Diyos, kaya pumunta siya
upang makipaglaban sa lambak ng Megido. 23 Napana
ng mga mamamana si Haring Josias, at sinabi ng hari sa
kaniyang mga lingkod, "Ilayo ninyo ako, dahil malubha akong
nasugatan." 24 Kaya inilabas siya ng kaniyang mga lingkod
sa karwahe at isinakay sa ibang karwahe. Siya ay dinala sa
Jerusalem, kung saan siya namatay. Inilibing siya sa libingan
ng kaniyang mga ninuno. Ang lahat ng Juda at Jerusalem
ay nagluksa para kay Josias. 25 Nagdalamhati si Jeremias
para kay Josias. Nagdadalamhati ang lahat ng mga lalaki at
mga babaeng mang-aawit kay Josias hanggang sa araw na
ito. Naging kaugalian sa Israel ang mga awit na ito kaya
isinulat ang mga ito sa mga awiting pangluksa. 26 Para sa
mga iba pang usapin tungkol kay Josias at ang kaniyang
mga mabubuting gawa bilang pagsunod sa nasusulat sa
kautusan ni Yahweh— 27 at ang kaniyang mga gawain, mula

sa umpisa hanggang sa huli ay nakasulat sa Aklat ng mga
Hari ng Juda at Israel.

**36** Pagkatapos ay pinili ng mga tao ng lupain si Jehoahaz
na anak ni Josias at ginawa siyang hari bilang kapalit ng
kaniyang ama sa Jerusalem. 2 Si Jehoahaz ay dalawampu't
tatlong taong gulang nang magsimula siyang maghari, at
naghari siya ng tatlong buwan sa Jerusalem. 3 Tinanggal
siya ng hari ng Ehipto sa Jerusalem at pinagmulta ang
lupain ng isang daang talentong pilak at isang daang
talentong ginto. 4 Ginawa ng hari ng Ehipto si Eliakim,
na kaniyang kapatid bilang hari ng Juda at Jerusalem at
binago ang kaniyang pangalan sa Jehoiakim. Pagkatapos,
dinala niya ang kapatid ni Eliakim na si Jehoahaz at dinala
siya sa Ehipto. 5 Dalawampu't limang taong gulang si
Jehoiakim nang magsimula siyang maghari, at labing-isang
taon siyang naghari sa Jerusalem. Ginawa niya kung ano
ang masamang sa paningin ni Yahweh na kaniyang Diyos.
6 At nilusob siya ni Nebucadnezar na hari ng Babilonia
at iginapos siya ng kadena upang dalhin sa Babilonia. 7
Dinala rin ni Nebucadnezar ang ilan sa mga bagay sa
tahanan ni Yahweh sa Babilonia at inilagay ang mga iyon sa
kaniyang palasyo sa Babilonia. 8 Para naman sa mga ibang
usapin tungkol kay Jehoiakim, ang mga kasuklam-suklam
na bagay na ginawa niya at ang mga nalaman laban sa
kaniya ay nasusulat sa Aklat ng mga Hari ng Juda at Israel.
Pagkatapos, ang kaniyang anak na si Jehoiakin ang pumalit
sa kaniya bilang hari. 9 Walong taong gulang si Jehoiakin
nang magsimula siyang maghari. Naghari siya ng tatlong
buwan at sampung araw sa Jerusalem. Ginawa niya kung
ano masama sa paningin ni Yahweh. 10 Noong tagsibol,
nagpadala si Haring Nebucadnezar ng mga kalalakihan at
dinala siya sa Babilonia, kasama ng mga mahahalagang
bagay mula sa tahanan ni Yahweh at ginawa niyang hari
ng Juda at Jerusalem ang kaniyang kamag-anak na si
Zedekias. 11 Dalawampu't-isang taong gulang si Zedekias
nang magsimula siyang maghari. Naghari siya ng labing-
isang taon sa Jerusalem. 12 Ginawa niya kung ano ang
masama sa paningin ni Yahweh na kaniyang Diyos. Hindi
siya nagpakumbaba sa harapan ng propetang si Jeremias,
na nagsasalita mula sa bibig ni Yahweh. 13 Naghimagsik
din si Zedekias laban kay Haring Nebucadnezar, na siyang
nagpasumpa sa kaniya ng katapatan sa pamamagitan ng
Diyos. Ngunit pinatigas ni Zedekias ang kaniyang ulo at
pinatigas ang kaniyang puso sa pagsunod kay Yahweh,
ang Diyos ng Israel. 14 Dagdag pa rito, ang lahat ng
mga pinuno ng mga pari at ng mga tao ay nagkasala
ng labis, sinusunod ang mga kasuklam-suklam na mga
bagay na ginagawa ng ibang lahi. Nilapastangan nila ang
tahanan ni Yahweh na inilaan niya para sa kaniyang sarili
sa Jerusalem. 15 Si Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga
ninuno ay nagpadala ng mensahe sa kanila sa pamamagitan
ng kaniyang mga mensahero nang paulit-ulit, dahil mayroon
siyang habag sa kaniyang mga tao at sa lugar kung saan
siya naninirahan. 16 Ngunit kinutya nila ang mga mensahero
ng Diyos, kinamuhian ang kaniyang mga salita, at hinamak
ang kaniyang mga propeta, hanggang sa ang galit ni Yahweh
ay nagsimula laban sa kaniyang mga tao hanggang sa ito ay
hindi na maiiwasan. 17 Kaya dinala ng Diyos sa kanila ang
hari ng mga Caldeo, na siyang pumatay sa kanilang mga
kabataan sa pamamagitan ng mga tabak sa santuwaryo
at walang habag sa mga kabataang lalaki o mga birhen,
mga matatandang lalaki o ang mga puti na ang buhok.
Ibinigay silang lahat ng Diyos sa kaniyang kamay. 18 Lahat
ng kagamitan ng tahanan ng Diyos, malaki at maliit, ang mga
kayamanan sa tahanan ni Yahweh at ang mga kayamanan
ng hari at kaniyang mga opisyal—ang lahat ng mga ito ay
dinala niya sa Babilonia. 19 Sinunog nila ang tahanan ng
Diyos, giniba nila ang pader ng Jerusalem, sinunog ang lahat
ng mga palasyo nito, at winasak ang mga magagandang
bagay sa loob nito. 20 Dinala ng hari sa Babilonia ang
mga nakaligtas sa tabak. Sila ay naging lingkod niya at ng
kaniyang mga anak hanggang sa nangyari ang pamumuno
ng kaharian ng Persia. 21 Nangyari ito upang maganap
ang salita ni Yahweh sa pamamagitan ng bibig ni Jeremias,
hanggang sa masiyahan ang lupain sa kaniyang Araw ng
Pamamahinga. Sapagkat habang ang lupain ay pinabayaan
ipinagdiwang nito ang Araw ng Pamamahinga sa loob ng
pitumpung taon. 22 Ngayon sa unang taon ni Ciro, ang
hari ng Persia, upang maganap ang salita ni Yahweh sa
pamamagitan ng bibig ni Jeremias, inudyukan ni Yahweh
ang espiritu ni Ciro, ang hari ng Persia, kaya gumawa siya
ng pahayag sa lahat ng kaniyang kaharian at isinulat din ang
mga ito. Sinabi niya, 23 “Ito ang sinabi ni Ciro, ang hari ng
Persia: Ibinigay sa akin ni Yahweh na Diyos ng langit ang
lahat ng kaharian sa mundo. Inutusan niya ako na magtayo
ng isang tahanan para sa kaniya sa Jerusalem, na nasa
Juda. Kung sino man sa inyo ang kabilang sa kaniyang
mga tao, nawa si Yahweh na inyong Diyos ay sumainyo.
Pinahihintulutan kitang pumunta sa lupain.”

# Ezra

1 Noong unang taon ni Ciro, hari ng Persia, tinupad ni
Yahweh ang kaniyang salita na dumating mula sa bibig ni
Jeremias at inudyukan ang espiritu ni Ciro. Ang tinig ni Ciro
ay narinig sa kaniyang buong kaharian. Ito ang nasusulat at
nasabi: 2 Sabi ni Ciro, hari ng Persia: Ibinigay sa akin ni
Yahweh, ang Diyos ng Langit, ang lahat ng mga kaharian sa
daigdig, at itinalaga niya ako na magtayo ng isang templo
para sa kaniya sa Jerusalem na nasa Judea. 3 Sinuman
sa inyo na nagmula sa kaniyang mga tao, sumainyo nawa
ang kaniyang Diyos, para kayo ay umakyat sa Jerusalem
at magtayo ng templo para kay Yahweh, ang Diyos ng
Israel, na siyang Diyos ng Jerusalem. 4 Ang mga tao
saanmang bahagi ng kaharian kung saan naninirahan ang
mga nakaligtas sa lupaing iyon ay dapat magbigay sa kanila
ng pilak at ginto, mga ari-arian at mga hayop, gayundin
ang kusang-kaloob na handog para sa templo ng Diyos sa
Jerusalem. 5 Pagkatapos, ang mga pinuno ng mga angkan
ng mga ninuno ng Juda at Benjamin, mga pari at mga Levita,
at bawa't isa na ang espiritu ay ginising ng Diyos na pumunta
at magtayo ng kaniyang tahanan ay tumayo. 6 Ang mga
nakapalibot sa kanila ay tumulong sa kanilang gawain sa
pilak at gintong mga kagamitan, mga ari-arian, mga hayop,
mga mahahalagang bagay, at mga kusang-kaloob na mga
handog. 7 Ibinalik din ni Haring Ciro ang mga kagamitang
nabibilang sa templo ni Yahweh na dinala ni Nebucadnezar
mula sa Jerusalem at inilagay sa tahanan ng kaniyang
sariling mga diyos. 8 Ipinagkatiwala lahat ni Ciro kay Mitredat
na tagapag-ingat yaman, na nagbilang ng mga ito para kay
Sesbazar, na tagapamahala ng Judea. 9 Ito ang kanilang
bilang: Tatlumpung gintong palanggana, isang libong pilak na
palanggana, dalawamgpu't siyam na iba pang palanggana,
10 tatlumpung gintong mangkok, 410 na maliliit na pilak
na mangkok, at isang libong karagdagang kagamitan. 11
Mayroong 5, 400 na ginto at pilak na kagamitan sa lahat.
Dinala ni Sesbazar ang lahat ng mga ito nang ang mga
taong tinapon ay nagpunta sa Jerusalem mula sa Babilonia.

2 Ito ang mga tao sa lalawigan na umakyat mula
sa pagkabihag ni Haring Nebucadnezar, na siyang
nagpatapon sa kanila sa Babilonia, ang mga taong bumalik
sa kani-kanilang mga lungsod sa Jerusalem at sa Judea. 2
Sila ay bumalik kasama si Zerubabel, Josue, Nehemias,
Seraias, Reelaias, Mordecai, Bilsan, Mispar, Bigvai, Rehum
at Baana. Ito ang talaan ng mga kalalakihan ng mga tao
ng Israel. 3 Ang mga kaapu-apuhan ni Paros: 2, 172. 4
Ang mga kaapu-apuhan ni Sefatias: 372. 5 Ang mga kaapu-
apuhan ni Arah: 775. 6 Ang mga kaapu-apuhan ni Pahat
Moab sa pamamagitan ni Josue at Joab: 2, 812. 7 Ang mga
kaapu-apuhan ni Elam: 1, 254. 8 Ang mga kaapu-apuhan
ni Zatu: 945. 9 Ang mga kaapu-apuhan ni Zacai: 760. 10
Ang mga kaapu-apuhan ni Bani: 642. 11 Ang mga kaapu-
apuhan ni Bebai: 623. 12 Ang mga kaapu-apuhan ni Azgad:
1, 222. 13 Ang mga kaapu-apuhan ni Adonikam: 666. 14 Ang
mga kaapu-apuhan ni Bigvai: 2, 056. 15 Ang mga kaapu-
apuhan ni Adin: 454. 16 Ang mga kaapu-apuhan ni Ater sa
pamamagitan ni Ezequias: siyamnapu't walo. 17 Ang mga
kaapu-apuhan ni Bezai: 323. 18 Ang mga kaapu-apuhan ni
Jora: 112. 19 Ang mga kaapu-apuhan ni Hasum: 223. 20 Ang
mga kaapu-apuhan ni Gibar: siyamnapu't lima. 21 Ang mga
kalalakihan ng Bethlehem: 123. 22 Ang mga kalalakihan
ng Netofa: limampu't anim. 23 Ang mga kalalakihan ng
Anatot: 128. 24 Ang mga kalalakihan ng Azmavet: apatnapu't
dalawa. 25 Ang mga kalalakihan ng Jearim, Cafira at Beerot:
743. 26 Ang mga kalalakihan ng Rama at Geba: 621. 27 Ang
mga kalalakihan ng Micmas: 122. 28 Ang mga kalalakihan
ng Bethel at Ai: 223. 29 Ang mga kalalakihan ng Nebo:
limampu't dalawa. 30 Ang mga kalalakihan ng Magbis: 156.
31 Ang mga kalalakihan ng ibang Elam: 1, 254. 32 Ang mga
kalalakihan ng Harim: 320. 33 Ang mga kalalakihan ng Lod,
Hadid at Ono: 725. 34 Ang mga kalalakihan ng Jerico: 345.
35 Ang mga kalalakihan ng Senaa: 3, 630. 36 Ang mga pari:
Ang mga kaapu-apuhan ni Jedaias ng tahanan ni Josue:
973. 37 Ang mga kaapu-apuhan ni Imer: 1, 052. 38 Ang
mga kaapu-apuhan ni Pashur: 1, 247. 39 Ang mga kaaapu-
apuhan ni Harim: 1, 017. 40 Ang mga Levita: Ang mga
kaapu-apuhan ni Jeshua at Kadmiel na mga kaapu-apuhan
ni Hodavias: pitumpu't apat. 41 Ang mga mang-aawit sa
templo, ang mga kaapu-apuhan ni Asaf: 128. 42 Ang mga
kaapu-apuhan ng mga bantay-pinto, ang mga kaapu-apuhan
ni Salum, Ater, Talmon, Akub, Hatita at Sobai: may kabuuang
139. 43 Ang mga inatasan na maglingkod sa templo: Ang
mga kaapu-apuhan ni Ziha, Hasufa, Tabaot, 44 Keros, Siaha,
Padon, 45 Lebana, Hagaba, Akub, 46 Hagab, Samlai at
Hanan; 47 ang mga kaapu-apuhan ni Gidel, Gahar, Reaias,
48 Rezin, Nekoda, Gazam, 49 Uza, Pasea, Besai, 50 Asna,
Meunim at Nefisim; 51 ang mga kaapu-apuhan ni Bakbuk,
Hakufa, Harhur, 52 Bazlut, Mehida, Harsa, 53 Barkos, Sisera,
Tema, 54 Nezias, at Hatifa. 55 Ang mga kaapu-apuhan ng
mga alipin ni Solomon, ang mga kaapu-apuhan ni Sotai,
Hasoferet, Peruda, 56 Jaala, Darkin, Gidel, 57 Sefatias,
Hatil, Poqueret-hazebaim, at Ami. 58 392 ang kabuuang
bilang ng mga kaapu-apuhan na inatasang maglingkod sa
templo at ang mga kaapu-apuhan ng mga alipin ni Solomon.
59 Ang mga lumisan mula sa Tel-mela, Tel-harsa, Kerub,
Addon, at Imer —ngunit hindi napatunayan ang kanilang
kanunu-nunuan mula sa Israel —kabilang ang 60 652 na

mga kaapu-apuhan ni Delaia, Tobia at Nekoda. 61 At sa
mga kaapu-apuhan ng mga pari: Ang mga kaapu-apuhan ni
Habaias, Hakoz, Barzilai, (na kinuha ang kaniyang asawa
mula sa mga kababaihan ni Barzilai ng Gilead at tinawag
sa kanilang pangalan). 62 Sinubukan nilang tuklasin ang
kanilang tala-angkanan sa talaan ngunit hindi ito matagpuan
dahil dinungisan nila ang kanilang pagkapari. 63 Kaya
sinabi ng gobernador sa kanila na hindi sila dapat kumain
ng anumang mula sa banal na mga alay hanggang sa
pahintulotan sila ng isang pari sa Umim at Tumim. 64 Ang
kabuuang grupo ay may bilang na 42, 360, 65 hindi kabilang
ang kanilang mga aliping lalaki at aliping babae (ito ay 7,
337) at ang kanilang mga lalaki at babaeng mang-aawit sa
templo. 66 Ang kanilang kabayo: 736. Ang kanilang mola:
245. 67 Ang kanilang kamelyo: 435. Ang kanilang asno:
6, 720. 68 Nang pumunta sila sa tahanan ni Yahweh sa
Jerusalem, ang mga punong matatanda ay naghandog ng
mga kusang-loob na handog upang maipatayo ang tahanan
ni Yahweh. 69 Sila ay nagbigay para sa pondo ayon sa
kanilang kakayahan: 61, 000 na gintong darika, 5, 000 pilak
na mina at 100 na tunikang pangpari. 70 Kaya ang mga pari
at mga Levita, ang mga tao, ang mga mang-aawit at mga
bantay-pinto ng templo at ang mga inatasang maglingkod sa
templo ay nanirahan sa kanilang mga lungsod. Lahat ng tao
sa Israel ay nasa kanilang mga lungsod.

**3** Ito ang ikapitong buwan matapos bumalik ang mga tao
ng Israel sa kanilang mga lungsod, nang magkatipon sila
ng sama-sama bilang isang mamamayan sa Jerusalem. 2 Si
Josue na lalaking anak ni Jozadak at ang kaniyang mga
kapatid na mga pari, at si Zerubabel na lalaking anak ni
Sealtiel, at ang kaniyang mga kapatid ay umakyat at itinayo
ang altar ng Diyos ng Israel upang mag-alay ng mga handog
na susunugin tulad ng iniutos sa kautusan ni Moises, na
lingkod ng Diyos 3 Pagkatapos ay itinatatag nila ang altar
sa kinatatayuan nito, sapagkat nasa kanila ang pangamba
dahil sa mga mamamayan sa lupain. Sila ay nag-alay ng
mga handog na susunugin kay Yahweh sa umaga at gabi.
4 Pinagdiriwang din nila ang Pista ng mga Tolda ayon sa
nasusulat, at nag-alay sila ng mga handog na susunugin sa
bawat araw alinsunod sa kautusan, ang gawain ng bawat
isa sa bawat araw. 5 Bilang karagdagan, mayroon ding
arawan at buwanang mga handog na susunugin, at mga
handog para sa lahat ng nakatalagang mga pista ni Yahweh,
kasama sa lahat ng mga kusang-kaloob na handog. 6 Sila ay
nagsimulang mag-alay ng handog na susunugin kay Yahweh
sa unang araw ng ikapitong buwan, kahit na ang templo
ay hindi pa naitatatag. 7 Kaya sila ay nagbigay ng pilak sa
mga manlililok ng bato at mga mahusay na manggagawa;
at pagkain, inumin, at langis sa mamamayan ng Sidon at
Tiro, para sila ay magpadala ng mga puno ng sedar galing
sa Lebanon patungo sa Jopa sa pamamagitan ng dagat,
katulad ng pahintulot sa kanila ni Ciro, hari ng Persia. 8 At sa
ikalawang buwan ng ikalawang taon matapos na magpunta
sila sa tahanan ng Diyos sa Jerusalem, si Zerubabel, si
Josue na lalaking anak ni Jozadak, ang iba pang mga pari,
ang mga Levita, at ang mga nanggaling sa pagkakabihag
pabalik sa Jerusalem ay nagsimula sa paggawa. Itinalaga
nila ang mga Levitang dalawampung taong gulang pataas
upang pangasiwaan ang gawain sa tahanan ni Yahweh. 9
Itinalaga ni Josue ang kaniyang mga anak at ang kaniyang
mga kapatid, si Kadmiel at ang kaniyang mga anak, at ang
mga kaapu-apuhan ni Juda upang pangasiwaan ang mga
taong gumagawa sa gawain sa tahanan ng Diyos. Kasama
sa kanila ang mga kaapu-apuhan ni Henadad, ang kanilang
mga kaapu-apuhan, at ang kanilang kapwa mga Levita din.
10 Ang mga tagapagtayo ay inaglagay ang pundasyon para
sa templo ni Yahweh. Binigyang daan nito ang mga paring
nakatayo na suot ang kanilang mga kasuotan kasama ang
mga trumpeta, at mga Levita, mga anak ni Asaf, upang
papurihan si Yahweh sa pamamagitan ng pompyang, gaya
ng iniutos ng mga kamay ni David, na hari ng Israel. 11
Umawit sila ng papuri at pasasalamat kay Yahweh, “Siya
ay mabuti! ang kaniyang tipan ng katapatan sa Israel ay
mananatili magpakailanman.” Ang lahat ng mamamayan ay
humiyaw nang may kagalakan sa pagpupuri kay Yahweh
dahil ang pundasyon ng templo ay nailagay na. 12 Ngunit
marami sa mga pari, mga Levita, mga punong ama ng lipi,
at matatandang mga taong nakakita sa unang tahanan ang
tumangis ng malakas nang mailagay ang mga pundasyon ng
tahanang ito sa harap ng kanilang mga mata. Ngunit marami
ang sumisigaw sa tuwa na may galak at isang nasasabik
na tunog. 13 Ang kinahinatnan, ang mamamayan ay hindi
makilala ang ingay ng nagagalak at masaya sa ingay ng
pagtangis ng mga tao, sapagkat ang mga tao ay umiiyak
nang may malaking tuwa, at narinig ang ingay hanggang sa
malayo.

**4** Narinig ng mga kaaway ng Juda at Benjamin na ang
templo para kay Yahweh, ang Diyos ng Israel ay itinatayo
ng mga taong galing sa pagkakatapon. 2 Dahil dito, nilapitan
nila si Zerubabel at ang mga pinuno ng bawat angkan.
At sinabi sa kanila, “Hayaan ninyo kaming sumama sa
pagtatayo ninyo dahil katulad ninyo, sinasaliksik din namin
ang inyong Diyos at nag-aalay din kami sa kaniya mula
sa panahon ni Esar-haddon, na hari ng Asiria, na siyang
nagdala sa amin sa lugar na ito “ 3 Ngunit sinabi nina
Zerubabel, Josue, at ng mga pinuno ng mga angkan, “kami
dapat ang magtayo ng tahanan ng aming Diyos at hindi
kayo, dahil kami ang magtatayo para kay Yahweh, ang Diyos

ng Israel, ayon sa iniutos ni Haring Ciro ng Persia." 4 Kaya
pinahina ng mga tao sa lupain ang mga kamay ng mga taga-
Judea; tinakot nila ang mga taga-Judea sa pagtatayo. 5
Sinuhulan din nila ang mga tagapayo para hadlangan ang
kanilang mga plano. Ginawa nila ito sa buong panahon ni
Ciro at hanggang sa paghahari ni Dario na hari ng Persia.
6 At sa simula ng paghahari ni Assuero sumulat sila ng
paratang laban sa mga nakatira sa Juda at Jerusalem. 7
Ito ay nangyari sa panahon ni Assuero na sumulat sina
Bislam, Mitredat, Tabeel, at ang kanilang mga kasamahan
kay Assuero. Ang liham ay nakasulat sa Aramaico at isinalin.
8 Si Rehum na kumander at si Simsai na eskriba ang sumulat
sa ganitong paraan kay Artaxerxes tungkol sa Jerusalem. 9
Pagkatapos, sumulat ng isang liham sina Rehum, Simsai
at ang kanilang mga kasamahan, na mga hukom at ibang
mga opisyal sa pamahalaan, mula sa Erec, Babilonia, at
Susa sa Elam, 10 at sinamahan sila ng mga taong pinilit
pinatira sa Sarmaria ng dakila at marangal na si Asurbanipal,
kasama ang iba pang nasa Lalawigan lampas ng Ilog. 11 Ito
ang kopya ng liham na kanilang ipinadala kay Artaxerxes:
"Ito ang sinusulat ng iyong mga lingkod, ang mga tao
sa ibayo ng ilog: 12 Malaman nawa ng hari na ang mga
Judiong nanggaling sa iyo ay pumunta sila laban sa atin
sa Jerusalem para magtayo ng isang mapaghimagsik na
lungsod. Natapos na nila ang mga pader at inayos na ang
mga pundasyon. 13 Ngayon malaman nawa ng hari na kung
ang lungsod na ito ay naitayo at ang pader ay natapos, hindi
sila magbibigay ng kahit na anong pagkilala at buwis, subalit
pipinsalain nila ang mga hari. 14 Siguradong dahil nakain
namin ang asin ng palasyo, hindi ito naaangkop para sa
amin na makita ang kahit na anong kahihiyan na mangyayari
sa hari. Dahil dito kaya ipinababatid namin sa hari 15 upang
hanapin ang talaan ng iyong ama at para mapatunayan na
ito ay isang mapaghimagsik na lungsod na pipinsala sa
mga hari at sa mga lalawigan. Ito ay nagdulot ng maraming
suliranin sa mga hari at sa mga lalawigan. Ito ay naging
isang sentro para sa paghihimagsik noon pa man. Dahil
sa kadahilanang ito, nawasak ang lungsod. 16 Pinababatid
namin sa hari na kung ang lungsod na ito at ang pader ay
maitayo, wala nang matitira para sa iyo sa ibayo ng malaking
ilog, ang Eufrates." 17 Kaya ang hari ay nagpadala ng tugon
kay Rehum at Simsai at sa kanilang mga kasamahan sa
Samaria at ang iba pa sa ibayo ng Ilog: "Sumainyo nawa
ang kapayapaan. 18 Ang liham na ipinadala ninyo sa akin ay
naisalin at binasa sa akin. 19 Kaya nag-utos ako ng isang
pagsisiyasat at natuklasan na sila ay naghimagsik at nag-
alsa sa mga hari. 20 Ang mga makapangyarihang hari ay
namuno sa Jerusalem at may kapangyarihan sa lahat ng
bagay hanggang sa ibayo ng Ilog. Kinilala at nagbayad sila
ng mga buwis sa kanila. 21 Ngayon, gumawa kayo ng isang
utos para sa mga taong ito na ihinto at huwag itayo ang
lungsod na ito hanggang ako ay makagawa ng isang utos.
22 Maging maingat na hindi ito makaligtaan. Bakit kailangang
palakihin ang pinsala para saktan ang mga hari?" 23 Nang
binasa ang utos ni Haring Artaxerxes sa harap nina Rehum,
Simsai, at kanilang mga kasamahan, sila ay mabilis na
lumabas sa Jerusalem at sapilitang pinahinto ang mga Judio
sa pagtatayo. 24 Kaya ang paggawa sa tahanan ng Diyos
sa Jerusalem ay nahinto hanggang sa ikalawang taon ng
paghahari ni Dario na hari ng Persia.

**5** Pagkatapos, si propetang Hagai at si Zacarias na anak
ng propetang si Ido ay nagpropesiya sa mga Judio sa
ngalan ng Diyos ng Israel sa loob ng Juda at Jerusalem.
2 Umakyat si Zerubabel na anak ni Sealtiel at Josue na
anak ni Jozadak at sinimulang itayo ang tahanan ng Diyos
sa Jerusalem kasama ang mga propeta na nanghikayat
sa kanila. 3 At dumating sina Tatenai na gobernador ng
Lalawigan sa ibayo ng Ilog, Setar Bozenai, at ang kanilang
mga kasamahan at sinabi sa kanila, "Sino ang nag-utos na
itayo ninyo ang tahanang ito at ganap na tapusin ang mga
pader na ito?" 4 Sinabi pa nila, "Ano ang mga pangalan
ng mga lalaking gumagawa sa gusaling ito?" 5 Ngunit ang
mata ng Diyos ay nasa mga nakatatanda ng mga Judio, at
hindi sila pinigilan ng kanilang mga kalaway. Naghihintay
sila ng isang liham na ipapadala ng hari at para sa isang
utos na ibabalik sa kanila patungkol dito. 6 Ito ang liham
nina Tatenai, Setar Bozenai, at ang kanilang mga kapwa
opisyal kay haring Dario. 7 Nagpadala sila ng isang ulat,
isinusulat ito kay haring Dario, "Sumainyo nawang lahat ang
kapayapaan. 8 Malaman nawa ng hari na kami ay pumunta
ng Juda sa tahanan ng dakilang Diyos. Ito ay itinatayo
sa pamamagitan ng malalaking bato at ang mga trosong
nakalapat sa mga pader. Ang gawaing ito ay ginagawa ng
lubos at umuusad ng mabuti sa kanilang mga kamay. 9
Tinanong namin ang mga nakatatanda, 'Sino ang nagbigay
sa inyo ng utos para itayo ang tahanang ito at ang mga
pader na ito?' 10 Tinanong pa namin ang kanilang mga
pangalan nang sa gayon ay maaari mong malaman ang mga
pangalan ng bawat taong nanguna sa kanila. 11 Tumugon
sila at sinabi, 'Kami ay mga lingkod ng nag-iisang Diyos ng
langit at lupa, at muli naming itinatayo ang tahanang ito na
itinayo ng dakilang hari ng Israel maraming taon na ang
nakalilipas at binubuo namin ito. 12 Gayunman, nang ginalit
ng aming mga ninuno ang Diyos ng langit, ibinigay niya
sila sa kamay ni Nebucadnezar na hari ng Babilonia, na
siyang sumira ng bahay na ito at ipinatapon ang mga tao sa
Babilonia. 13 Gayunpaman, sa unang taon nang si Ciro ay
hari ng Babilonia, naglabas si Ciro ng isang utos na itayong

muli ang tahanan ng Diyos. 14 Ibinalik din ni haring Ciro ang
ginto at pilak na nabibilang sa tahanan ng Diyos na kinuha
at dinala ni Nebucadnezar mula sa templo sa Jerusalem
tungo sa templo sa Babilonia. Isinauli niya ang mga ito
kay Sesbazar, na siyang iniluklok niyang gobernador. 15
Sinabi niya sa kaniya, “Kunin mo ang mga kagamitang ito.
Pumunta ka at ilagay ang mga ito sa templo sa Jerusalem.
Nawa maitayong muli ang tahanan ng Diyos doon.” 16 At
dumating itong si Sesbazar at inilagay ang pundasyon para
sa tahanan ng Diyos sa Jerusalem; na ginagawa ngayon
ngunit hindi pa tapos. 17 Ngayon kung mainam ito para sa
hari, masuri nawa ito sa tahanan ng mga talaan sa Babilonia
kung may isang pasya doon mula kay Haring Ciro para
itayo ang tahanang ito ng Diyos sa Jerusalem. Kung gayon,
maaring ipadala ng hari ang kaniyang pasya sa amin.”

6 Kaya si Haring Dario ay nag-utos ng isang imbestigasyon
sa tahanan ng mga talaan sa Babilonia. 2 Sa tanggulang
lungsod ng Ecbatana sa Media natagpuan ang isang
kasulatang binalumbon; ito ang nakasulat sa talaan: 3 Sa
unang taon ni Haring Ciro, naglabas siya ng isang utos
tungkol sa tahanan ng Diyos sa Jerusalem: 'Maitayo nawa
ang tahanan para sa paghahandog. Maitayo nawa ang mga
pader nito na may animnapung siko ang taas at animnapung
siko ang lapad, 4 na may tatlong patong ng malalaking bato
at isang patong ng bagong troso. At ang tahanan ng hari
ang magbabayad ng gastusin. 5 Ibalik din ninyo ang ginto
at pilak na nabibilang sa tahanan ng Diyos na dinala ni
Nebucadnezar mula sa templo ng Jerusalem patungo sa
templo ng Babilonia. Ipadala ninyo ang mga iyon sa templo
ng Jerusalem at ilagay ang mga iyon sa tahanan ng Diyos.'
6 Ngayon, Tatenai, Setar Bozenai, at ang iyong mga kapwa
opisyal na nasa ibayo ng Eufrates, lumayo kayo sa lugar
na iyon. 7 Pabayaan ninyo ang paggawa sa tahanan ng
Diyos. Ang gobernador at ang mga nakatatandang Judio
ay itatayo ang tahanang ito ng Diyos sa lugar na iyon. 8
Ipinag-uutos ko sa inyo na dapat ninyong gawin ito para
sa mga nakatatandang Judiong nagtatayo ng tahanan ng
Diyos: Ang mga pondo mula sa pagkilala sa hari sa ibayo
ng Eufrates ay gagamitin para bayaran ang mga lalaking
ito na hindi tumitigil sa kanilang paggawa. 9 Anuman ang
kakailanganin—mga batang toro, mga lalaking tupa, o mga
batang tupa para sa mga alay na susunugin sa Diyos ng
Kalangitan, butil, asin, alak, o langis ayon sa utos ng mga
pari sa Jerusalem—ibigay ninyo ang mga bagay na ito sa
kanila araw-araw nang walang palya. 10 Gawin ninyo ito
para sila ay makapagdala ng handog sa Diyos ng Kalangitan
at ipanalangin ako, ang hari, at ang aking mga anak. 11
Ipinag-uutos ko na kung sinuman ang lalabag sa utos na
ito, isang barakilan ang dapat hilahin mula sa kaniyang
bahay at dapat siyang ituhog dito. Dahil dito, ang kaniyang
tahanan ay dapat gawing isang tambak ng gumuhong mga
bato. 12 Nawa ang Diyos na nabubuhay doon ay ibabagsak
ang sinumang hari at mga tao na lalabag sa tahanang ito
ng Diyos sa Jerusalem. Akong, si Dario, ang siyang nag-
uutos nito. Gawin ninyo ito nang lubusan!” 13 At ginawa nina
Tatenai, Setar Bozenai, at ng kanilang mga kasamahan ang
lahat ng bagay na inutos ni Haring Dario. 14 Kaya ang mga
nakatatandang Judio ay nagtayo sa paraang ipinagbilin nina
Hagai at Zacarias sa pamamagitan ng pagpropesiya. Itinayo
nila ito ayon sa utos ng Diyos ng Israel at ni Ciro, ni Dario,
at ni Artaxerxes, mga hari ng Persia. 15 Ang tahanan ay
natapos sa ikatlong araw ng buwan ng Adar, sa ikaanim
na taon ng paghahari ni Haring Dario. 16 Itinalaga ng mga
Israelita, mga pari, mga Levita, at ng iba pang nalalabing
mga bihag ang tahanan ng Diyos nang may kagalakan. 17
Naghandog sila ng isandaang toro, isandaang lalaking tupa,
at apatnaraang batang tupa para sa pagtatalaga sa tahanan
ng Diyos. Ladindalawang lalaking kambing ay inialay din
bilang isang handog para sa kasalanan ng lahat ng Israelita,
isa para sa bawat tribu ng Israel. 18 Itinalaga rin nila ang
mga pari at mga Levita na gumawa ng kaniya-kaniyang
gawain para sa paglilingkod sa Diyos sa Jerusalem, gaya
ng nasusulat sa Aklat ni Moises. 19 Kaya ang mga galing
sa pagkakatapon ay nagdiwang ng Paskua sa ikalabing-
apat na araw ng unang buwan. 20 Nilinis ng mga pari at
mga Levita ang kanilang mga sarili at kinatay ang mga
Pampaskua na mga alay para sa lahat ng mga nanggaling
sa pagkakatapon, kasama ang mga pari at Levita. 21 Ang
mga Israelitang kumain nang ilan sa karne ng Paskua ay
ang mga bumalik galing sa pagkakatapon at ihiniwalay
ang kanilang mga sarili mula sa karumihan ng mga tao sa
lupain at hinanap si Yahweh, ang Diyos ng Israel. 22 Buong
kagalakan nilang ipinagdiwang ang Pista ng Tinapay na
Walang Pampaalsa nang pitong araw, dahil binigyan sila ni
Yahweh ng kagalakan at binago ang puso ng hari ng Asiria
upang palakasin ang kanilang mga kamay sa gawain ng
kaniyang tahanan, ang tahanan ng Diyos ng Israel.

7 Pagkatapos ng mga bagay na ito, sa panahon ng
paghahari ni Haring Artaxerxes, si Ezra, na ang kaniyang
mga ninuno ay sina Seraias, Azarias, Hilcias, 2 Sallum,
Sadoc, Ahitub, 3 Amarias, Azarias, Meraiot, 4 Zeraias,
Uzzi, Buki, 5 Abisua, Finehas, Eleazar, at si Aaron na
pinakapunong pari - 6 Umalis si Ezra mula sa Babilonia. Isa
siyang dalubhasang eskriba sa batas ni Moises na ibinigay
ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. Ibinigay ng hari sa kaniya
ang kahit anong bagay na kaniyang hingin yamang ang
kamay ni Yahweh ay kasama niya. 7 Ang ilan sa mga kaapu-
apuhan ng Israel at ng mga pari, mga Levita, mga mang-

aawit sa templo, mga bantay-pinto, at ang mga itinalaga
na maglingkod sa templo ay umakyat sa Jerusalem sa
ikapitong taon ni Haring Artaxerxes. **8** Siya ay dumating sa
Jerusalem sa ikalimang buwan ng parehong taon. **9** Siya ay
umalis ng Babilonia sa unang araw ng unang buwan. Noong
unang araw ng ika-limang buwan nang siya ay dumating
sa Jerusalem, yamang kasama niya ang mabuting kamay
ng Diyos. **10** Pinatatag ni Ezra ang kaniyang puso sa pag-
aaral, sa pagsasagawa, at pagtuturo sa mga alituntunin
at mga utos ng batas ni Yahweh. **11** Ito ay ang utos na
ibinigay ni Haring Artaxerxes kay Ezra na pari at eskriba
ng mga kautusan at mga alituntunin ni Yahweh para sa
Israel: **12** "Ang Hari ng mga haring si Artaxerxes, kay paring
Ezra, isang eskriba ng kautusan ng Diyos ng langit: **13**
Aking iniuutos na ang sinumang mula sa Israel sa aking
kaharian, kasama ang kanilang mga pari at mga Levita, na
nagnanais na pumunta ng Jerusalem, ay maaring sumama
sa iyo. **14** Ako, ang hari, at ang aking pitong mga tagapayo,
ay ipapadala ko kayong lahat upang siyasatin ang tungkol
sa Juda at Jerusalem ayon sa batas ng Diyos na inyong
naunawaan, **15** at upang dalhin sa Jerusalem, na kaniyang
tahanan, ang pilak at ginto na kanilang malayang ihahandog
sa Diyos ng Israel. **16** Ibigay ng libre ang lahat ng pilak
at ginto na binigay ng mga taga-Babilonia kasama ang
anumang malayang inialay sa pamamagitan ng mga tao at
mga pari para sa tahanan ng Diyos sa Jerusalem. **17** Kaya
bilhin ninyo sa kabuuan halaga ang baka, mga lalaking tupa
at mga batang tupa, at butil at inuming mga handog. Ihandog
ninyo ang mga ito sa altar na nasa tahanan ng inyong Diyos
sa Jerusalem. **18** Gawin ninyo sa natitirang pilak at ginto ang
anumang tingin ninyong mabuti para sa inyo at sa inyong
mga kapatid, upang malugod ninyo ang inyong Diyos. **19**
Ilagay ninyo ang mga bagay na malayang ibinigay sa inyo
sa harap niya para sa paglilingkod sa tahanan ng inyong
Diyos sa Jerusalem. **20** Anumang bagay na kakailanganin
sa tahanan ng inyong Diyos, kunin ninyo ang mga gastos
mula sa aking kabang-yaman. **21** Ako, si Haring Artaxerxes,
ang gumagawa ng utos sa lahat ng mga ingat-yaman sa
ibayong Ilog, na ang kahit anong hingin ni Ezra mula sa
inyo ay dapat ninyong maibigay ng buo, **22** hanggang sa
isang daang talentong pilak, isang daang takal ng butil,
isang daang malaking sisidlan ng alak, at isang daang
malaking sisidlan ng langis, pati asin na walang limitasyon.
**23** Anumang nagmula sa utos ng Diyos ng Langit, gawin
ninyo ito nang may malasakit para sa kaniyang tahanan.
Sapagkat bakit kailangang dumating ang kaniyang poot
sa aking kaharian at sa aking mga anak? **24** Ipinababatid
namin sa kanila ang tungkol sa iyo hindi upang magpataw
ka ng kahit na anong pagkilala o mga buwis sa sinuman
sa mga pari, mga levita, mga musikero, mga bantay-pinto,
o sa mga taong itinalaga sa paglilingkod sa templo at sa
mga tagapaglingkod sa tahanang ito ng Diyos. **25** Ezra, sa
karunungang ipinagkaloob sa iyo ng Diyos, ikaw ay dapat
magtalaga ng mga hukom at mga lalaking may mahusay na
pagpapasya upang maglingkod sa lahat ng tao sa ibayong
Ilog, at upang maglingkod sa sinumang nakakaalam sa
batas ng Diyos. Ikaw ay dapat ring magturo sa mga hindi
pa nakakaalam sa batas. **26** Parusahan mo ang sinumang
hindi buo ang pagsunod sa batas ng Diyos o sa batas ng
hari, maging sa pamamagitan ng kamatayan, pagpapalayas,
pagsamsam ng kanilang mga kalakal, o pagkakabilanggo."
**27** Sinabi ni Ezra, "Purihin si Yahweh, ang Diyos ng ating
mga ninuno, ang siyang naglagay ng lahat ng ito sa puso ng
hari para sa kapurihan ng tahanan ni Yahweh sa Jerusalem,
**28** at siyang nagpaabot ng tipan ng katapatan sa akin sa
harap ng hari, sa kaniyang mga tagapayo, at sa lahat ng
kaniyang makapangyarihang mga opisyal. Ako ay napalakas
sa pamamagitan ng kamay ni Yahweh na aking Diyos, at ako
ay nagkalap ng mga pinuno mula sa Israel na humayong
kasama ko."

**8** Ito ang mga pinuno ng mga pamilya ng kanilang mga
ninuno na umalis mula sa Babilonia kasama ko sa
panahon ng paghahari ni Haring Artaxerxes. **2** Mula sa mga
kaapu-apuhan ni Finehas: si Gersom, sa mga kaapu-apuhan
ni Itamar: si Daniel, sa mga kaapu-apuhan ni David: si Hatus.
**3** sa mga kaapu-apuhan ni Secanias, mga kaapu-apuhan ni
Paros: si Zacarias, Kasama niyang nakalista ang 150 na
mga lalaki. **4** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Pahat-Moab: si
Eliehoenai na anak ni Zeraias. Kasama niyang nakalista
ang dalawandaang lalaki. **5** Mula sa mga kaapu-apuhan ni
Secanias: si Ben Jahaziel. Kasama niyang nakalista ang
tatlong daang lalaki. **6** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Adin:
si Ebed na anak ni Jonatan. Kasama niyang nakalista ang
limampung lalaki. **7** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Elam: si
Jesaias na anak ni Atalias. Kasama niyang nakalista ang
pitumpung lalaki. **8** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Sefatias:
si Zebadias na anak ni Micael. Kasama niyang nakalista ang
walumpung lalaki. **9** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Joab: si
Obadias na anak ni Jehiel. Kasama niyang nakalista ang
218 na lalaki. **10** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Selomit na
anak ni Josifias. Kasama niyang nakalista ang 160 na lalaki.
**11** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Bebai: si Zacarias na anak
ni Bebai. Kasama niyang nakalista ang dalawampu't walong
lalaki, **12** Mula sa mga kaapu-apuhan ni Azgad: si Johanan
na anak ni Hacatan. Kasama niyang nakalista ang 110 na
lalaki, **13** Ang mga kaapu-apuhan ni Adonicam ay huling
dumating. Ito ang kanilang mga pangalan: sina Elifelet, Jeiel,
at Semaias. Kasama nilang dumating ang animnapung lalaki.

14 Mula sa mga kaapu-apuhan ni Bigvai: sina Utai at Zacur.
Kasama niyang nakalista ang pitumpung lalaki. 15 Sinabi ni
Ezra, “Tinipon ko ang mga manlalakbay sa lagusang papunta
sa Ahava, at nanatili kami roon ng tatlong araw. Sinuri ko
ang mga tao at mga pari, ngunit wala akong nakitang kaapu-
apuhan ni Levi roon. 16 Kaya pinapunta ko sina Eliezer,
Ariel, Semaias, Elnatan, Jarib, at Elnatan at Natan, Zacarias,
at Mesulam—na mga pinuno—at sina Joarib at Elnatan—na
mga guro. 17 Sumunod, ipinadala ko sila kay Ido, ang pinuno
sa Casifia. Sinabi ko sa kanila kung ano ang sasabihin
nila kay Ido at sa kaniyang mga kamag-anak, ang mga
tagapaglingkod sa templo na naninirahan sa Casifia, ito ay
upang magpadala sa amin ng mga tagapaglingkod para
sa tahanan ng Diyos. 18 Kaya nagpadala sila sa amin sa
pamamagitan ng mabuting kamay ng ating Diyos ng isang
lalaking nagngangalang Serebias, isang matalinong tao.
Siya ay kaapu-apuhan ni Mali na anak ni Levi na anak ni
Israel. Dumating siya kasama ang kaniyang labing walong
mga anak na lalaki at mga kapatid na lalaki. 19 Kasama
niyang dumating si Hasabias. Naroon din sina Jesaias, isa
sa mga anak ni Merari, kasama ang kaniyang mga kapatid
na lalaki at kaniyang mga anak na lalaki, dalawampung lalaki
lahat. 20 Mula sa mga itinalagang maglingkod sa templo, na
ibinigay ni David at kaniyang mga opisyal na maglingkod
sa mga Levita: 220, ang bawat isa sa kanila ay itinalaga
ayon sa kanilang pangalan. 21 Pagkatapos nagdeklara
ako ng pag-aayuno sa Lagusan ng mga Ahava upang
magpakumbaba kami sa harap ng Diyos, upang humingi ng
tuwid na landas mula sa kaniya para sa amin, sa aming
mga anak, at sa lahat ng aming mga ari-arian. 22 Nahiya
akong humingi sa hari ng hukbo o mga mangangabayo
para ipagtanggol kami laban sa mga kaaway sa aming
daraanan, yamang sinabi namin sa hari, 'Ang kamay ng
aming Diyos ay nasa lahat ng humahanap sa kaniya para
sa kabutihan, ngunit ang kaniyang kapangyarihan at poot
ay nasa lahat ng sinumang nakakalimot sa kaniya.' 23
Kaya nag-ayuno kami at humingi sa Diyos tungkol dito, at
nagmakaawa kami sa kaniya. 24 Sumunod, pumili ako ng
labindalawang lalaki mula sa mga opisyal ng pagkapari: sina
Serebias, Hasabias, at sampu sa kanilang mga kapatid na
lalaki. 25 Tumimbang ako para sa kanila ng pilak, ginto,
at ng mga kagamitan at mga handog para sa tahanan ng
Diyos na malayang inihandog ng hari, ng kaniyang mga
tagapayo at mga opisyal, at lahat ng Israelita. 26 Kaya
tinimbang ko sa kanilang mga kamay ang 650 talentong
pilak, isandaang talento ng mga kagamitang pilak, isandaang
talentong ginto, 27 dalawampung gintong mangkok na
kapag pinagsama ay nagkakahalaga ng isanlibong darika, at
dalawang makinang na tansong sisidlan na kasinghalaga
ng ginto. 28 Pagkatapos, sinabi ko sa kanila, 'Kayo ay
inilaan para kay Yahweh, maging ang mga kagamitang ito.
At ang pilak at ginto na ito ay kusang-kaloob na handog kay
Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninuno. 29 Bantayan
ninyo ang mga ito at ingatan hanggang matimbang ninyo
sa harap ng mga opisyal sa pagkapari, mga Levita, at
mga pinuno ng mga angkan ng mga ninuno ng Israelita sa
Jerusalem sa mga silid ng tahanan ng Diyos.' 30 Tinanggap
ng mga pari at mga Levita ang aking tinimbang na pilak,
ginto, at mga kagamitan upang madala nila sa Jerusalem,
sa tahanan ng ating Diyos. 31 Umalis kami mula sa Lagusan
ng Ahava noong ika-labindalawang araw ng unang buwan
para pumunta sa Jerusalem. Ang kamay ng ating Diyos
ay nasa amin; pinagtanggol niya kami mula sa kamay ng
kaaway at sa sinumang nagnais na lusubin kami habang
nasa daan. 32 Kaya pumasok kami sa Jerusalem at nanatili
roon ng tatlong araw. 33 At noong ikaapat na araw, ang
pilak, ginto, at mga kagamitan ay tinimbang sa tahanan ng
aming Diyos sa kamay ni Meremot na anak ni Urias, na pari.
Kasama niya sina Eleazar na anak ni Finehas, si Jozabad
na anak ni Josue, at Noadias na anak ni Binui na Levita. 34
Ang bilang at timbang ng bawat isa ay nalaman; lahat ng
timbang ay naisulat sa oras na iyon. 35 Ang mga bumalik
mula sa pagkakabihag, ang mga tao sa pagkakatapon
ay nag-alay sila ng mga handog na susunugin para sa
Diyos ng Israel: labindalawang toro para sa buong Israel,
siyamnapu't anim na tupang lalaki, pitumpu't pitong batang
tupa, at labindalawang lalaking kambing bilang handog sa
kasalanan. Lahat ay handog na susunugin para kay Yahweh.
36 At ibinigay nila ang mga utos ng hari sa matataas na mga
opisyal ng hari at sa mga gobernador sa ibayo ng Ilog, at
tinulungan nila ang mga tao at ang tahanan ng Diyos.”

9 “Nang matapos na ang mga bagay na ito, nilapitan ako
ng mga opisyal at sinabi, 'Hindi pa inihihiwalay ng mga
tao ng Israel, mga pari at mga Levita ang kanilang mga
sarili mula sa mga bayan ng iba pang lupain at sa mga
karumal-dumal na gawain: sa mga Cananeo, mga Heteo,
mga Perezeo, mga Jebuseo, mga Amonita, mga Moabita,
mga taga-Ehipto at mga Amoreo. 2 Dinala nila ang ilan sa
kanilang mga anak na babae at anak na lalaki, at pinagsama
nila ang mga taong banal sa mga mamamayan ng ibang
mga lupain. At ang mga opisyal at mga pinuno ang nanguna
sa kawalan ng pananampalatayang ito. 3 Nang marinig ko
ito, pinunit ko ang aking damit at balabal at ginupit ko ang
aking buhok at balbas. At umupo ako na hiyang-hiya. 4 Ang
lahat ng mga nanginig sa salita ng Diyos ng Israel tungkol sa
kawalang pananampalatayang ito ay lumapit sa akin habang
ako ay nakaupong hiyang-hiya hanggang sa gabi ng pag-
aalay. 5 Ngunit sa gabi ng pag-aalay tumayo ako mula sa

aking kahiya-hiyang kinalalagyan na suot ang aking mga
gulagulanit na mga damit at balabal, lumuhod ako at itinaas
ko ang aking mga kamay kay Yahweh na aking Diyos. 6
Sinabi ko, 'Aking Diyos, hiyang-hiya ako at nasa lubos na
kahihiyan upang itingala ang aking mukha sa iyo, sapagkat
ang aming mga kasamaan ay lumagpas na sa aming mga
ulo at umabot na ang aming kasalanan sa kalangitan. 7
Simula noong panahon ng aming mga ninuno hanggang
ngayon kami ay nasa matinding pagkakasala. Sa aming
mga kasamaan, kami, ang aming mga hari, at mga pari ay
ipinasakamay mo sa mga hari ng mundong ito, sa espada, sa
pagkabihag, at pagpagnanakaw at sa mga mukhang hiyang-
hiya, tulad namin ngayon. 8 Subalit ngayon sa maikling
panahon, dumating ang habag mula kay Yahweh na aming
Diyos upang mag-iwan sa amin ng ilang mga nakaligtas at
bigyan kami ng bahagi sa kaniyang dakong banal. Ito ay
upang paliwanagin ng aming Diyos ang aming mga mata at
bigyan kami ng kaunting ginhawa sa aming pagkakaalipin. 9
Sapagkat kami ay mga alipin, ngunit hindi kami kinalimutan
ng aming Diyos bagkus hinabaan niya ang kaniyang tipan
ng katapatan sa amin. Ginawa niya ito sa harap ng hari ng
Persia upang bigyan niya kami ng kalakasan, upang muli
naming maitayo ang tahanan ng Diyos at buuin ang mga
nawasak. Ginawa niya ito upang mabigyan niya kami ng
isang pader ng kaligtasan sa Juda at Jerusalem. 10 Subalit
ngayon, aming Diyos, ano ang masasabi namin pagkatapos
nito? Kinalimutan namin ang iyong mga utos, 11 ang mga
utos na ibinigay mo sa iyong mga lingkod na mga propeta,
nang sabihin mo, “Ang lupaing ito na inyong papasukin
upang ariin ay isang maruming lupain. Dinumihan ito ng
mga tao sa mga lupain sa pamamagitan ng kanilang mga
kasuklam-suklam na mga gawain. Pinuno nila ito ng kanilang
karumihan hanggang sa magkabilang dulo. 12 Kaya ngayon,
huwag ninyong ibigay ang inyong mga anak na babae sa
kanilang mga anak; at huwag ninyong kunin ang kanilang
mga anak na babae para sa inyong mga anak, at huwag
ninyong asamin ang kanilang kasalukayang kapayapaan at
mabuting kalalagayan, upang manatili kayong malakas at
makakain ang bunga ng lupain, upang dulutan ninyo ang
inyong mga anak na magmay-ari nito sa lahat ng panahon.”
13 Subalit matapos ang lahat ng dumating sa amin dahil
sa aming mga masasamang gawain at aming matinding
kasalanan—yamang ikaw, aming Diyos, pinigilan mo ang
nararapat sa aming mga kasalanan at iniwanan kaming mga
nakaligtas— 14 susuwayin ba namin muli ang iyong mga
kautusan at makikipag-asawa sa mga kasuklam-suklam na
taong ito? Hindi ka ba magagalit at pupuksain kami upang
wala ni isa ang matira, ni makatakas? 15 Yahweh, Diyos
ng Israel, ikaw ay matuwid, sapagkat nanatili kaming ilan
na makaligtas sa araw na ito. Tingnan mo! Kami ay nasa
iyong harapan sa aming mga kasalanan, sapagkat walang
sinuman ang makakatayo sa iyong harapan dahil dito.”

**10** Habang si Ezra ay nanalangin at nagtatapat, siya
ay tumangis at nagpatirapa sa harap ng tahanan ng
Diyos. Isang napakalaking kapulungan ng mga Israelitang
lalaki, mga babae, at mga bata ay nagtipon sa kaniya,
sapagkat ang mga tao ay labis na tumatangis. 2 Sinabi ni
Secanias na anak ni Jehiel mula sa kaapu-apuhan ni Elam
kay Ezra, “Kami nga mismo ay nakagawa ng kataksilan
laban sa ating Diyos at nanirahan kasama ng mga dayuhang
babae mula sa mga tao ng ibang mga lupain. Ngunit ngayon
ay mayroong pag-asa para sa Israel patungkol dito. 3 Kaya
ngayon gumawa tayo ng isang tipan sa ating Diyos na
palabasin ang lahat ng mga babae at kanilang mga anak
ayon sa mga tagubilin ng Panginoon at sa mga tagubilin
ng mga nanginig sa mga utos ng ating Diyos, at mangyari
nawa ito ayon sa batas. 4 Tumayo ka, sapagkat ang bagay
na ito ay para iyo upang gawin mo, at kasama mo kami.
Magpakatatag ka at gawin ito." 5 Kaya tumayo si Ezra at ang
mga pinakapunong pari, ang mga Levita, at ang lahat ng mga
Israelita ay nanumpa na kumilos sa ganitong paraan. Sila ay
nangako. 6 At tumayo si Ezra mula sa harap ng bahay ng
Diyos at pumunta sa mga silid ni Jehohanan na anak ni
Eliasib. Hindi siya kumain ng anumang tinapay at uminom
ng anumang tubig, yamang siya ay nagluluksa tungkol
sa kawalan ng pananampalataya ng mga nanggaling sa
pagkakabihag. 7 Kaya nagpadala sila ng mensahe sa Juda
at Jerusalem sa lahat ng taong nanggaling sa pagkatapon
upang magtipun-tipon sa Jerusalem. 8 Sinuman ang hindi
pumunta sa loob ng tatlong araw ayon sa tagubilin ng mga
opisyal at mga nakatatandang lalaki ay kukunin ang lahat ng
kanilang mga ari-arian at hindi ibibilang sa napakalaking
kapulungan ng mga taong bumalik mula sa pagkakatapon. 9
Kaya lahat ng mga lalaki ng Juda at Benjamin ay nagtipun-
tipon sa Jerusalem sa loob ng tatlong araw. Ito ay ang ika-
siyam na buwan at ang ika-dalawampung araw ng buwan.
Tumayo ang lahat ng tao sa liwasan sa harap ng tahanan
ng Diyos at nanginig dahil sa salita at sa ulan. 10 Tumayo
ang paring si Ezra at sinabi, “Kayo mismo ay nakagawa
ng kataksilan. Nanirahan kayo kasama ang mga dayuhang
babae kaya pinalaki ninyo ang kasalanan ng Israel. 11 Ngunit
ngayon purihin si Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninuno,
at gawin ang kaniyang kaloooban. Humiwalay kayo sa mga
tao sa lupain at mula sa mga dayuhang babae. 12 Lahat
ng kapulungan ay sumagot sa malakas na tinig, “Gagawin
namin ang tulad ng iyong sinabi. 13 Gayunpaman, maraming
tao, at ito ay maulan na panahon. Wala kaming lakas para
tumayo sa labas, at ito ay hindi lamang isa o dalawang

araw na gawain, yamang kami ay labis na lumabag sa
bagay na ito. 14 Kaya hayaan natin ang ating mga opisyal
na kumatawan sa lahat ng kapulungan. Hayaan na ang
lahat ng nagpahintulot ng mga dayuhang babaeng tumira sa
ating mga lungsod ay lumapit sa panahong pagtitibayin ng
mga nakakatanda sa lungsod at mga hukom sa lungsod
hanggang sa lumayo mula sa atin ang nagngingitngit na poot
ng ating Diyos." 15 Tumutol dito sina Jonatan na lalaking
anak ni Asahel at Jazeias na lalaking anak ni Tikva, at sina
Mesulam at Sabetai na Levita ay sumang-ayon sa kanila. 16
Kaya ginawa ito ng mga taong bumalik mula sa pagkatapon.
Ang paring si Ezra ay pumili ng mga lalaki, ang mga pinuno
sa angkan ng kanilang mga ninuno at mga bahay—lahat sila
ayon sa pangalan, at siniyasat nila ang usapin sa unang
araw ng ika-sampung buwan. 17 Sa unang araw ng unang
buwan natapos nilang tuklasin kung sino ang mga lalaking
nanirahan kasama ang mga dayuhang babae. 18 Sa mga
kaapu-apuhan ng mga pari ay mayroong mga nanirahan
kasama ang mga dayuhang babae. Sa mga kaapu-apuhan
ni Josue na anak ni Jehozadak at ng kaniyang mga kapatid
na lalaki ay sina Maaseias, Eliezer, Jarib, at Gedalia. 19
Kaya nagpasya sila na palayasin ang kanilang mga asawa.
Sapagkat sila ay nagkasala, sila ay naghandog ng tupang
lalaki mula sa kawan para sa kanilang kasalanan. 20 Sa
mga kaapu-apuhan ni Imer: sina Hanani at Zebadias. 21
Sa mga kaapu-apuhan ni Harim: sina Maaseias, Elias,
Semaias, Jehiel, at Uzias. 22 Sa mga kaapu-apuhan ni
Pashur: Elioenai, Maaseias, Ismael, Netanael, Jozabad, at
Elasa. 23 Sa mga Levita: sina Jozabad, Simei, Kelaias—iyon
ay, Kelita, Petahias, Juda, at Eliezer. 24 Sa mga mang-
aawit: si Eliasib. Sa mga bantay-pinto: sina Sallum, Telem,
at Uri. 25 Kabilang sa mga nalabing Israelita —sa mga
kaapu-apuhan ni Paros: Ramias, Izias, Malquijas, Mijamin,
Eleazar, Malquijas, at Benaias. 26 Sa mga kaapu-apuhan
ni Elam: sina Matanias, Zecarias, Jehiel, Abdi, Jeremot,
at Elias. 27 Sa mga kaapu-apuhan ni Zatu: sina Elioenai,
Eliasib, Matanias, Jeremot, Zabad, at Aziza. 28 Sa mga
kaapu-apuhan ni Bebai: sina Jehohanan, Hananias, Zabai,
at Atlai. 29 Sa mga kaapu-apuhan ni Bani: sina Mesulam,
Maluc, Adaias, Jasub, at Seal Jeremot. 30 Sa mga kaapu-
apuhan ni Pahat Moab: sina Adna, Helal, Benaias, Maaseias,
Matanias, Bezalel, Binui, at Manases. 31 Sa mga kaapu-
apuhan ni Harim: sina Eliezer, Isijas, Malquijas, Semaias,
Simeon, 32 Benjamin, Maluc, at Semarias. 33 Sa mga kaapu-
apuhan ni Hasum: sina Matenai, Matata, Zabad, Elifelet,
Jeremai, Manases, at Simei. 34 Sa mga kaapu-apuhan
ni Bani: sina Maadai, Amram, Uel, 35 Benaias, Bedeias,
Heluhi, 36 Vanias, Meremot, Eliasib, 37 Matanias, Matenai,
Jaasu, 38 Bani, Binui, Simei, 39 Selemias, Natan, Adaias, 40
Macnadebai, Sasai, Sarai, 41 Azarel, Selemias, Semarias,
42 Salum, Amarias at Jose. 43 Kabilang sa mga kaapu-
apuhan ni Nebo: sina Jeiel, Matitias, Zabad, Zebina, Ido,
Joel, at Benaias. 44 Lahat ng mga ito ay kumuha ng mga
dayuhang asawa at nagka-anak sa ilan sa kanila.

# Nehemias

**1** Ang mga salita ni Nehemias na anak ni Hacalias: Ngayon
ito ay nangyari sa buwan ng Kislev, sa ikadalawampung
taon, habang ako ay nasa tanggulang lungsod ng Susa, **2**
na ang isa sa aking mga kapatid, na si Hanani, ay dumating
kasama ang ilang mga tao mula sa Juda, at tinanong ko sila
tungkol sa mga Judio na nakatakas, mga natirang Judio, at
tungkol sa Jerusalem. **3** Sinabi nila sa akin, “Silang mga nasa
lalawigan na nakaligtas sa pagkabihag ay nasa matinding
kaguluhan at kahihiyan dahil ang pader ng Jerusalem ay
gumuho, at ang mga tarangkahan nito ay sinunog.” **4** At
nang marinig ko ang mga salitang ito, ako ay umupo at
umiyak, at ilang araw akong patuloy na nagdalamhati at
nag-ayuno at nanalangin sa harap ng Diyos ng langit. **5**
Sinabi ko, “Yahweh, ikaw ang Diyos ng langit, ang Diyos na
dakila at kahanga-hanga, na tumutupad sa kaniyang tipan at
kagandahang-loob sa mga umiibig sa kaniya at tumutupad
sa kaniyang mga kautusan. **6** Pakinggan mo ang aking
panalangin at buksan mo ang iyong mga mata, para marinig
mo ang panalangin ng iyong lingkod na aking ipinanalangin
sa harapan mo araw at gabi para sa mga bayan ng Israel na
iyong mga lingkod. Ipinagtatapat ko ang mga kasalanan ng
mga bayan ng Israel, na kami ay nagkasala laban sa iyo.
Ako at ang tahanan ng aking ama ay nagkasala. **7** Kami
ay namuhay ng may labis na kasamaan laban sa iyo, at
hindi namin iningatan ang mga kautusan, mga batas, at ang
mga utos na inutos mo sa iyong lingkod na si Moises. **8**
Mangyaring alalahanin mo ang salita na iyong iniutos sa
iyong lingkod na si Moises, 'Kung kayo ay namumuhay ng
hindi tapat, ikakalat ko kayo sa iba't ibang mga bansa, **9**
pero kung kayo ay magbabalik sa akin at susunod sa aking
mga kautusan at gagawin ang mga ito, kahit na ang iyong
bayan ay nagkalat sa ilalim ng pinakamalayong kalangitan,
titipunin ko sila mula doon at dadalhin ko sila sa lugar
na aking pinili para mapanatili ang aking pangalan.' **10**
Ngayon sila ang iyong mga lingkod at iyong bayan, na iyong
iniligtas sa pamamagitan ng iyong dakilang kapangyarihan
at sa pamamagitan ng iyong makapangyarihang kamay. **11**
Yahweh, ako ay nakikiusap sa iyo, pakinggan mo ngayon
ang panalangin ng iyong lingkod at ang panalangin ng
iyong mga lingkod na nasisiyahang parangalan ang iyong
pangalan. Ngayon bigyan mo ng katagumpayan ang iyong
lingkod sa araw na ito, at ipagkaloob mo sa kaniya ang
habag sa paningin ng taong ito.” Ako ay naglingkod bilang
tagapagdala ng kopa ng hari.

**2** Sa buwan ng Nisan, sa ikadalawampung taon ni Haring
Artaxerxes, siya ay pumili ng alak, at kinuha ko ang alak
at ibinigay ito sa hari. Ngayon ako ay hindi kailanman naging
malungkot sa kaniyang harapan. **2** Kaya sinabi sa akin ng
hari, “Bakit malungkot ang iyong mukha? Hindi ka naman
mukhang may sakit. Marahil ito ay kalungkutan ng puso.”
Pagkatapos nito, ako ay lubos na natakot. **3** Sinabi ko sa
hari, “Nawa mabuhay ang hari magkailanman! Bakit hindi
malulungkot ang aking mukha? Ang lungsod, ang lugar ng
mga libingan ng aking ama, ay nananatiling giba, at ang mga
tarangkahan nito ay winasak sa pamamagitan ng apoy.” **4**
Pagkatapos sinabi sa akin ng hari. “Ano ang gusto mong
gawin ko?” Kaya ako ay nanalangin sa Diyos ng kalangitan.
**5** Tumugon ako sa hari, “Kung mabuti ito para sa hari, at
kung ang iyong lingkod ay gumawa ng mabuti sa iyong
paningin, maaari mo akong ipadala sa Juda, sa lungsod ng
libingan ng aking mga ninuno, para maitayo ko itong muli.” **6**
Tumugon ang hari sa akin (at ang reyna ay nakaupo rin
sa tabi niya), “Gaano katagal kang mawawala at kailan ka
babalik?” Ang hari ay nagalak na isugo ako matapos kong
maibigay sa kaniya ang mga petsa. **7** Pagkatapos sinabi ko
sa hari, “Kung makalulugod sa hari, nawa bigyan ako ng
mga liham para ibigay sa mga gobernador sa kabilang ilog,
para ako ay pahintulutang makaraan sa kanilang mga lupain
sa aking pagpunta sa Juda. **8** Mangyaring mayroon din
sanang liham para kay Asaf ang tagapag-ingat ng kagubatan
ng hari, nang sa gayon ay maaaring niya akong bigyan ng
troso para gawing mga biga sa mga pintuan ng tanggulang
kasunod sa templo, at sa pader ng lungsod, at sa aking
bahay na aking pananahanan.” Dahil ang mabuting kamay
ng Diyos ay nasa akin, ipinagkaloob sa akin ng hari ang
aking mga kahilingan. **9** Pumunta ako sa mga gobernador
sa kabilang ilog, at ibinigay sa kanila ang mga liham ng
hari. Ngayon ang hari ay nagpadala ng mga opisyal at mga
mangangabayo para samahan ako. **10** Nang marinig ito nina
Sanballat na Horonita at ni Tobias na lingkod na Ammonita,
sila ay labis na nayamot na may isang taong dumating para
tulungan ang bayan ng Israel. **11** Kaya nagpunta ako sa
Jerusalem, at nanatili roon ng tatlong araw. **12** Bumangon
ako ng gabi, ako at ilan sa mga kalalakihang kasama ko.
Hindi ko sinabi kahit kanino kung ano ang inilagay ng aking
Diyos sa aking puso na gagawin para sa Jerusalem. Wala
akong ibang hayop na kasama, maliban sa isa na aking
sinasakyan. **13** Lumabas ako ng gabi sa Tarangkahan ng
Lambak, malapit sa Bukal ng Dragon at sa Tarangkahan ng
Dumi, at siniyasat ang mga pader ng Jerusalem na nasira
at ang mga tarangkahang kahoy na nawasak ng apoy. **14**
Pagkatapos pumunta ako sa Tarangkahan ng Bukal at sa
paliguan ng hari. Napakasikip ng lugar para daanan ng
hayop na aking sinasakyan. **15** Kaya umakyat kami ng
gabing iyon sa lambak at siniyasat ang pader, bumalik ako
at pumasok sa Tarangkahan ng Lambak, gayundin pabalik.

**16** Hindi alam ng mga namumuno kung saan ako pumunta o
kung ano ang ginawa ko, at hindi ko pa ipinaalam sa mga
Judio, maging sa mga pari, mga maharlika, mga namumuno,
at maging sa mga iba pang gumawa ng trabaho. **17** Sinabi
ko sa kanila, "Nakikita ninyo ang kaguluhan kung saan tayo
naroroon, kung paano nananatiling giba ang Jerusalem at
ang mga tarangkahan nito ay winasak ng apoy. Halikayo,
itayo nating muli ang pader ng Jerusalem, para hindi na
tayo kailanman mapahiya." **18** Sinabi ko sa kanila na ang
mabuting kamay ng Diyos ay nasa akin at tungkol din sa
mga salita ng hari na kaniyang sinabi sa akin. Sinabi nila
"Tayo nang bumangon at magtayo." Kaya pinalakas nila
ang kanilang mga kamay para sa mabubuting gawain. **19**
Pero nang marinig nila Sanballat na Horonita, at ni Tobias
ang Ammonitang lingkod, at Gesem na taga-Arabya ang
tungkol dito, pinagtawanan nila kami at nilait, at sinabi nila,
"Ano ang ginagawa ninyo? Naghihimagsik ba kayo laban
sa hari?" **20** Pagkatapos sinagot ko sila, "Bibigyan kami ng
Diyos ng kalangitan ng katagumpayan. Kami ay kaniyang
mga lingkod at babangon kami at magtatayo. Pero kayo ay
walang bahagi, walang karapatan, at walang kasaysayang
pinanghahawakan sa Jerusalem."

**3** Pagkatapos tumayo si Eliasib ang punong pari kasama
ng kaniyang mga kapatirang pari, at itinayo nila ang
Tarangkahan ng Tupa. Pinagingbanal nila ito at naglagay
ng mga pinto. Pinagingbanal nila ito hanggang sa Tore ng
Sandaan at hanggang sa Tore ng Hananel. **2** Kasunod niyang
nagtrabaho ang mga kalalakihan ng Jerico, at kasunod
nilang nagtrabaho si Zacur na anak ni Imri. **3** Itinayo ng
mga anak ni Hasenaa ang Tarangkahan ng Isda. Inilagay
nila ang mga biga sa lugar at inilagay ang mga pinto nito,
mga tornilyo, at mga rehas. **4** Si Meremot ang nag-ayos
ng katabing bahagi. Siya ay anak ni Urias na anak ni
Hakoz. At Si Mesulam ang kasunod nilang nag-ayos. Siya
ang anak ni Berequias na anak ni Mesezabel. Kasunod
nilang nag-ayos ay si Zadok. Siya ang anak ni Baana. **5**
Kasunod nilang nag-ayos ang mga taga-Tekoa, pero ang
kanilang mga pinuno ay tumangging gawin ang inutos ng
kanilang mga tagapangasiwa. **6** Sina Joiada anak ni Pasea
at Mesullam anak ni Besodeias ang nag-ayos ng Lumang
Tarangkahan. Nilagay nila ng mga biga, at inilagay ang mga
pinto nito, mga tornilyo, at mga rehas. **7** Kasunod nilang
nag-ayos sina Melatias na taga-Gibeon, kasama si Jadon na
taga-Meronot. Sila ang namumuno sa mga kalalakihan ng
Gibeon at Mizpa. Ang Mizpa ay tirahan ng gobernador ng
lalawigan sa kabilang Ilog. **8** Kasunod niya na nag-ayos
ang anak ni Harhaia na si Uziel, isa sa mga platero, at
kasunod niya si Hanania, manggagawa ng mga pabango.
Itinayo nilang muli ang Jerusalem hanggang sa Malapad na
Pader. **9** Kasunod nilang nag-ayos si Refaias na anak ni
Hur. Siya ang pinuno ng kalahating distrito ng Jerusalem.
**10** Kasunod nila si Jedias anak ni Harumaf na nag-ayos
katabi ng kaniyang bahay. Kasunod niyang nag-ayos si
Hatus na anak ni Hasabneias. **11** Sina Malquias anak ni
Harim at Hasub anak ni Pahath Moab ang nag-ayos ng isa
pang bahagi sa gawi na Tore ng mga Pugon. **12** Kasunod
nila si Sallum anak ni Haloles, pinuno ng kalahating distrito
ng Jerusalem, ang nag-ayos kasama ang kaniyang mga
anak na babae. **13** Sila Hanun at ang mga naninirahan sa
Zanoa ang nag-ayos ng Lambak na Tarangkahan. Itinayo
nila ito at inilagay ang mga pinto nito, mga tornilyo, at mga
rehas nito. Sila ang nag-ayos ng isang libong siko hanggang
sa Tarangkahan ng Dumi. **14** Si Malquias anak ni Recab,
ang pinuno ng distrito sa Beth Hakerem, ang nag-ayos ng
Tarangkahan ng Dumi. Itinayo niya ito at inilagay ang mga
pinto nito, mga tornilyo, at mga rehas nito. **15** Si Sallun anak
ni Col hoze, ang pinuno ng distrito ng Mizpa, ang nagtayo
muli ng Bukal na Tarangkahan. Itinayo niya ito, at inilagay
ang isang takip sa ibabaw nito at at inilagay ang mga pinto
nito, mga tornilyo, at mga rehas nito. Itinayo niyang muli ang
pader ng Paliguan ng Siloam sa hardin ng hari, hanggang
sa hagdan patungo sa ibaba mula sa lungsod ni David. **16** Si
Nehemias anak ni Azbuk, ang pinuno ng kalahating distrito
ng Beth Zur, ang nag-ayos ng lugar sa kabila mula sa mga
libingan ni David, hanggang sa paliguan na gawa ng tao, at
sa bahay ng malalakas na lalaki. **17** Pagkatapos niya ang
mga Levita ang nag-ayos, kasama si Rehum anak ni Bani at
kasunod niya si Hashabias, ang pinuno ng kalahating distrito
ng Keila, para sa kaniyang distrito. **18** Pagkatapos niya ang
kanilang mga kababayan ang nag-ayos, kabilang si Bavai,
anak ni Henadad, pinuno ng kalahating distrito ng Keila.
**19** Si Ezer ang sumunod sa kaniya na nag-ayos. Siya ay
anak ni Jeshua, pinuno ng Mizpa, na nag-ayos sa isa pang
bahagi sa kabila ng paakyat patungo sa taguan ng mga
armas, sa tukod. **20** Pagkatapos niya, si Baruch anak ni
Zabai ang buong pusong nag-ayos ng isa pang bahagi mula
sa tukod hanggang sa pinto ng bahay ng punong paring si
Eliasib. **21** Pagkatapos niya, si Meremot anak ni Urias na
anak ni Hakoz ang nag-ayos ng isa pang bahagi, mula sa
pintuan ng bahay ni Eliasib hanggang sa dulo ng bahay ni
Eliasib. **22** Kasunod niya ang mga pari, ang mga kalalakihan
mula sa lugar sa palibot ng Jerusalem ang nag-ayos. **23**
Pagkatapos nila, sina Benjamin at Hassub ang nag-ayos
sa kabila ng kanilang sariling bahay. Pagkatapos nila, si
Azarias anak ni Maaseias na anak ni Ananias ang nag-ayos
sa tabi ng kanilang sariling bahay. **24** Pagkatapos niya, si
Binui anak ni Henadad ang nag-ayos ng isa pang bahagi,
mula sa bahay ni Azarias hanggang sa tukod. **25** Si Palal

anak ni Uzai ang nag-ayos sa itaas salungat sa tukod at
toreng aabot pataas mula sa itaas ng bahay ng hari sa patyo
ng mga guwardiya. Pagkatapos niya, si Pedeias anak ni
Paros ang nag-ayos. 26 Ngayon ang mga lingkod ng templo
na naninirahan sa Ofel ang nag-ayos sa kabilang bahagi ng
Tarangkahan ng Tubig sa silangan ng nakausling tore. 27
Pagkatapos niya ang mga taga-Tekoa ang nag-ayos ng isa
pang bahagi, sa kabila ng malaking tore na namumukod
tangi, hanggang sa pader ng Ofel. 28 Inayos ng mga pari
ang ibabaw ng Tarangkahan ng mga Kabayo, bawat tapat
ng sarili nilang bahay. 29 Pagkatapos nila, si Zadok anak
ni Immer ang nag-ayos ng katapat na bahagi ng sarili
niyang bahay. At pagkatapos niya, inayos ni Semias anak ni
Secanias, ang tagapagbantay ng silangang tarangkahan.
30 Pagkatapos niya, sina Hananias anak ni Selemias, at
Hanun ang ikaanim na anak ni Zalap ang nag-ayos ng
kabilang bahagi. Pagkatapos niya, inayos ni Mesulam anak
ni Berequias ang tapat na kaniyang tinitirahang mga silid. 31
Pagkatapos niya ay si Malquias, isa sa mga platero, ang
nag-ayos hanggang sa bahay ng mga lingkod sa templo
at mga mangangalakal na nasa kabila ng Tarangkahan ng
Tipan at ang silid sa sulok na tinitirahan sa itaas. 32 Nag-
ayos ang mga platero at ang mga mangangalakal sa gitna
ng itaas na silid at ang Tarangkahan ng mga Tupa.

4 Ngayon nang narinig ni Sanbalat na itinatayo namin ang
pader, ito ay nagpaalab ng kaniyang kalooban, at siya ay
galit na galit, at kinutya niya ang mga Judio. 2 Sa harapan
ng kaniyang mga kapatid at ng hukbo ng Samaria, sinabi
niya, “Ano ang ginagawa ng mga mahihinang Judiong ito?
Nais ba nilang maibalik sa dating kalagayan ang lungsod
para sa kanila? Sila ba ay maghahandog ng mga alay?
Matatapos ba nila ang trabaho sa isang araw? Nais ba nilang
buhayin ang mga bato mula sa mga tumpok ng durog na
bato pagkatapos itong masunog? 3 Si Tobias na Ammonita
ay kasama niya, at sinabi niya, “Kung ang isang asong-
gubat ay aakyat sa kanilang itinatayo, maaaring ikabagsak
ito ng kanilang pader na bato!” 4 Makinig ka, aming Diyos,
dahil kami ay hinahamak. Ibalik mo ang kanilang mga
panunuya sa sarili nilang mga ulo at pabayaan mo sila para
nakawan sila sa lupain kung saan mga bilanggo sila. 5
Huwag mong pagtakpan ang kanilang mabigat na sala at
huwag mong burahin ang kanilang kasalanan mula sa harap
mo, dahil ginalit nila ang mga tagapagtayo. 6 Kaya itinayo
namin ang pader at lahat ng pader ay naitayo hanggang sa
kalahating taas nito, dahil ang mga tao ay may pagnanais
na magtrabaho. 7 Pero nang marinig nina Sanbalat, Tobias,
na mga taga-Arabia, ang mga Ammonita, at ang mga Asdod
na nagpapatuloy ang gawain sa pagsasaayos ng mga pader
sa Jerusalem, at isinasara na ang mga nasirang bahagi ng
pader, nag-alab ang matinding galit sa kanilang kalooban. 8
Silang lahat ay sama-samang nagsabwatan, at pumunta
sila para makipag-away laban sa Jerusalem at magdulot ng
pagkalito rito. 9 Pero nanalangin kami sa aming Diyos at
naglagay ng bantay bilang tagapagtanggol laban sa kanila
araw at gabi dahil sa kanilang pananakot. 10 Pagkatapos
sinabi ng mamamayan ng Juda, “Ang lakas nilang mga
umako ng trabaho ay nanghihina. Napakarami ng durog na
bato, at hindi na namin kayang itayong muli ang pader.” 11
At sinabi ng aming mga kaaway, “Hindi nila malalaman o
makikita hanggang makalapit kami sa kanila at mapatay
sila, at mapatigil ang trabaho.” 12 Sa panahong iyon, ang
mga Judiong naninirahan malapit sa kanila ay dumating
mula sa lahat ng direksiyon at nakipag-usap sa amin ng
sampung beses, binalaan kami tungkol sa mga pamamaraan
na kanilang ginagawa laban sa amin. 13 Kaya naglagay
ako ng mga tao sa pinakamababang bahagi ng pader sa
lantad na mga lugar. Nagbigay ako ng pwesto sa bawat
pamilya. Sila ay may kanya-kanyang tabak, mga sibat, at
mga pana. 14 Tumingin ako at tumayo, at sinabi sa mga
maharlika, at sa mga namumuno, at sa natitirang ibang mga
tao, “Huwag kayong matatakot sa kanila. Alalahanin ninyo
ang Panginoon, na dakila at kahanga-hanga. Ipaglaban
ninyo ang inyong mga pamilya, ang inyong mga anak na
lalaki at babae, ang inyong mga asawa, at ang inyong
mga tahanan. 15 Nangyari na nang narinig ng aming mga
kalaban na batid na namin ang kanilang mga balak, at binigo
ng Diyos ang kanilang mga balak, lahat kami ay bumalik
sa pader, bawat isa sa kaniyang trabaho. 16 Kaya mula
noon kalahati ng aking mga lingkod ay nagtrabaho lamang
sa pagtatayo muli ng pader, at kalahati sa kanila ay may
hawak na mga sibat, panangga, mga pana at nagsuot ng
kalasag, habang ang mga pinuno ay nakatayo sa likuran ng
lahat ng mamamayan sa Juda. 17 Kaya ang parehong mga
manggagawa na nagtatayo ng pader at nagdadala ng mga
pasanin ay nagbabantay din ng kanilang mga kinalalagyan.
Ang bawat isa ay nagtatrabaho sa pamamagitan ng isang
kamay, at sa kabilang kamay naman ay hawak ang kaniyang
sandata. 18 Bawat tagapagtayo ay nagsuot ng kaniyang
espada sa kaniyang tagiliran at ganoon siya nagtatrabaho.
At nanatili sa aking tabi ang nagpapatunog ng trumpeta.
19 Sinabi ko sa mga maharlika at sa mga opisyales at sa
natitirang mga tao, “Ang gawain ay malaki at malawak, at
kami ay napahiwalay doon sa pader, malayo sa isa't-isa. 20
Bilisan ninyo ang takbo sa lugar kung saan maririnig ninyo
ang trumpeta at kayo ay magtipon doon. Ang ating Diyos
ang lalaban para sa atin.” 21 Kaya ginagawa namin ang
trabaho. Kalahati sa kanila ay may hawak-hawak na mga
sibat mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglabas ng

mga bituin. 22 Sinabi ko rin sa mga tao sa oras na iyon,
“Hayaan ninyo ang bawat lalaki at ang kaniyang lingkod na
magpalipas ng gabi sa kalagitnaan ng Jerusalem, sa gayon
sila ay magiging bantay natin sa gabi at manggagawa sa
araw.” 23 Kaya kahit ako, maging ang aking mga kapatid na
lalaki, aking mga lingkod, mga lalaki na nagbabantay na
sumunod sa akin, ay hindi nagpalit ng aming mga damit, at
bawat isa sa amin ay nagdala ng kaniya-kaniyang sandata,
kahit na siya ay kumukuha ng tubig.

5 Pagkatapos, ang mga lalaki at ang kanilang mga asawa
ay dumaing nang napakalakas laban sa kanilang mga
kapwa Judio. 2 Dahil may mga iba na nagsabi “Kasama ng
aming mga anak na lalaki at babae, kami ay marami. Kaya
hayaan ninyong makakuha kami ng butil para makakain kami
at patuloy na mabuhay.” 3 May mga iba rin na nagsabing,
“Sinasanla namin ang aming mga bukirin, ang aming ubasan,
at ang aming mga bahay para makakuha ng butil sa panahon
ng taggutom.” 4 May mga iba rin na nagsabing, “Humiram
kami ng pera para bayaran ang buwis ng hari sa aming mga
bukirin at sa aming mga ubasan. 5 Pero ngayon ang aming
laman at dugo ay pareho na ng sa mga kapatid namin,
at ang aming mga anak ay pareho na ng kanilang mga
anak. Napilitan kaming ipagbili ang aming mga anak na
lalaki at babae para maging mga alipin. Ang iba naming
mga anak na babae ay inalipin na. Pero wala sa aming
kapangyarihan na baguhin ito dahil ibang mga tao na ngayon
ang nagmamay-ari ng aming mga bukirin at aming mga
ubasan.” 6 Galit na galit ako nang narinig ko ang kanilang
daing at ang mga salitang ito. 7 Pagkatapos ay pinag-isipan
ko ito, at nagharap ng sakdal laban sa mga maharlika at
opisyales. Sinabi ko sa kanila, “Naniningil kayo ng tubo,
bawat isa sa kanyang sariling kapatid.” Nagdaos ako ng
isang malaking pagpupulong laban sa kanila 8 at sinabi
sa kanila, “Tayo, hangga't makakaya natin, ay muling binili
mula sa pagkaalipin ang ating mga kapatid na Judio na
naipagbili sa mga bansa, pero kayo ipinagbibili pa ninyo ang
inyong mga kapatid na lalaki at babae para muling maipagbili
sa amin!” Tahimik sila at ni minsan ay walang masabi ni
isang salita. 9 Sinabi ko rin, “Hindi mabuti ang ginagawa
ninyo. Hindi ba dapat kayong lumakad na may takot sa ating
Diyos para maiwasan ang paghamak ng mga bansa na
mga kaaway natin? 10 Ako at ang aking mga kapatid at
ang mga lingkod ko ay nagpapautang sa kanila ng pera at
butil. Pero dapat nating itigil ang paniningil ng tubo sa mga
pautang na ito. 11 Ibalik sa kanila ngayon mismong araw
na ito ang kanilang mga bukirin, ang kanilang ubasan, at
kanilang taniman ng olibo at ang kanilang mga bahay at ang
porsiyento ng pera, ng butil, ng bagong alak, at ng langis na
siningil ninyo mula sa kanila.” 12 Pagkatapos sinabi nila,
“Ibabalik namin kung ano ang kinuha namin sa kanila, at wala
kaming hihingin mula sa kanila. Gagawin namin ang sinabi
mo.” Pagkatapos tinawag ko ang mga pari, at pinanumpa
sila na gagawin ang kanilang ipinangako. 13 Ipinagpag
ko ang tiklop ng aking kasuotan at sinabi, “Ganito nawa
ipagpag ng Diyos mula sa kanyang bahay at mga ari-arian
ang bawat taong hindi tutupad ng kanyang pangako. Ganito
nawa siya maipagpag at mawalan.” Lahat ng kapulungan ay
nagsabing, “Amen,” at pinuri nila si Yahweh. At ginawa ng
mga tao ang ipinangako nila. 14 Kaya mula ng pahanon
na itinalaga ako bilang gobernador nila sa lupain ng Juda,
mula sa ika-dalawampung taon hanggang sa ika-tatlumpu't
dalawang taon ni Artaxerxes ang hari, labindalawang taon,
hindi ako kumain, maging ang aking mga kapatid na lalaki,
ng pagkain na inilaan para sa gobernador. 15 Pero ang
mga dating gobernador na nauna sa akin ay nagpatong
ng mabibigat na mga pasanin sa mga tao, at kinuha mula
sa kanila ang apatnapung sekel ng pilak para sa kanilang
pang-araw-araw na pagkain at alak. Kahit ang kanilang
mga lingkod ay pinahirapan ang mga tao. Pero hindi ko
ito ginawa dahil sa takot sa Diyos. 16 Patuloy rin akong
gumawa sa pader, at wala kaming biniling lupa. At lahat ng
mga lingkod ko ay nagtipon doon para sa gawain. 17 Sa
mesa ko ay mga Judio at opisyales, 150 lalaki, maliban pa
sa mga dumating sa amin mula sa mga kasamang bansa na
nakapaligid sa amin. 18 Ngayon ang hinanda bawat araw ay
isang baka, anim na piling tupa, at mga ibon din, at sa bawat
sampung araw sagana sa lahat ng uri ng alak. Gayumpaman
para sa lahat ng ito hindi ko hiningi ang nakalaang halaga
para sa pagkain ng gobernador, dahil ang mga hinihingi ay
masyadong mabigat sa mga tao. 19 Alalahanin mo ako,
aking Diyos, sa kabutihan, dahil sa lahat ng aking ginawa
para sa mga taong ito.

6 Ngayon nang narinig nila Sanbalat, Tobias, at Gesem
ang taga-Arabia at ng iba pang mga kalaban natin na
muli ko nang naitayo ang pader at wala nang ibang mga
bahagi na nananatiling sira, bagama't hindi ko pa nailalagay
ang mga pinto sa mga tarangkahan, 2 nagpadala sina
Sanbalat at Gesem sa akin na sinasabing, “Halika, sama-
sama tayong magpulong kahit saan sa kapatagan ng Ono.”
Pero binalak nila na gawan ako ng masama. 3 Nagpadala
ako ng mga sugo sa kanila, na nagsasabing, “Gumagawa
ako ng mahalagang gawain at hindi ako makabababa. Bakit
kailangang mahinto ang gawain habang iniiwan ko ito at
bumaba sa inyo?” 4 Pinadalhan nila ako ng parehong
mensahe nang apat na beses, at sumagot ako sa kanila
sa parehong paraan sa bawat pagkakataon. 5 Ipinadala ni
Sanbalat ang kanyang lingkod sa akin sa parehong paraan
nang ika-limang beses, na may isang bukas na liham sa

kanyang kamay. 6 Nasusulat dito, “Ito ay nauulat sa mga
bansa, at sinasabi rin ito ni Gesem, na ikaw at ang mga
Judio ay nagbabalak na maghimagsik, iyan ang dahilan
kung bakit mo muling tinatayo ang pader. Mula sa sinasabi
ng mga ulat na ito, ikaw ay malapit ng maging hari nila.
7 At nagtalaga ka rin ng mga propeta para ipahayag ang
tungkol sa iyo sa Jerusalem, na nagsasabing, 'May isang
hari sa Juda!' Matitiyak mong maririnig ng hari ang mga
ulat na ito. Kaya halika, mag-usap tayo.” 8 Pagkatapos
nagpadala ako sa kanya ng kasagutan na nagsasabing,
“Walang ganyang mga bagay ang nangyari gaya ng sinabi
mo, dahil sa loob ng iyong puso gawa-gawa mo lang ang
mga iyan.” 9 Dahil gusto nilang lahat na takutin kami, nag-
iisap na, “Bibitiwan ng mga kamay nila ang kanilang trabaho,
at hindi ito magagawa.” Pero ngayon, O Diyos, palakasin mo
ang mga kamay ko. 10 Pumunta ako sa bahay ni Semaya
anak ni Delaias anak ni Mehetabel, na nananatili sa kanyang
tahanan. Sinabi niya, “Sama-sama tayong magpulong sa
tahanan ng Diyos, sa loob ng templo, at isara natin ang mga
pinto ng templo, dahil darating sila para patayin ka. Sa gabi,
darating sila para patayin ka.” 11 Sumagot ako, “Tatakas ba
ang isang lalaking katulad ko? At ang isa bang lalaking tulad
ko ay papasok sa templo para lang manatiling buhay? Hindi
ako papasok.” 12 Napag-isip-isip ko na hindi ang Diyos ang
nagpadala sa kanya, kundi nagpropesiya siya laban sa akin.
Binayaran siya nina Tobias at Sanbalat. 13 Binayaran nila
siya para takutin ako, para gawin ko kung ano ang sinabi
niya at magkasala, para mabigyan nila ako ng masamang
pangalan para hiyain ako. 14 Alalahanin mo sina Tobias at
Sanbalat, aking Diyos, at lahat ng ginawa nila. Alalahanin
mo rin ang babaeng propetang si Noadias at ang iba pang
mga propeta na sinubukan akong takutin. 15 Ang pader ay
natapos sa ika-dalawampu't limang araw ng buwan ng Elul,
pagkaraan ng limampu't dalawang araw. 16 Nang narinig ng
lahat ng mga kalaban namin ang tungkol dito, lahat ng mga
bansa na nakapaligid sa amin, natakot sila at malaki ang
nawalang tiwala sa kanilang sarili. Dahil alam nila na nagawa
ang gawain sa tulong ng aming Diyos. 17 Sa panahong ito
nagpadala ang mga maharlika sa Juda ng maraming liham
kay Tobias, at dumating sa kanila ang mga liham ni Tobias.
18 Dahil marami sa Juda ang nakatali sa panunumpa sa
kanya dahil siya ang manugang ni Secanias ni Arah. Ang
kanyang anak na si Jehohanan ay napangasawa ang anak
ni Mesulam anak ni Berequias. 19 Sinabi rin nila sa akin ang
tungkol sa mabubuting mga gawa niya at iniulat ang mga
salita ko pabalik sa kanya. Ang mga liham ay ipinadala sa
akin mula kay Tobias para takutin ako.

**7** Nang matapos maitayo ang pader at nailagay ko na ang
mga pinto nito, at naitalaga na ang mga bantay ng mga
tarangkahan at mga mang-aawit at mga Levita, 2 ibinigay
ko sa aking kapatid na si Hanani ang pamamahala sa
Jerusalem, kasama ni Hananias na namuno sa tanggulan,
dahil siya ay taong tapat at may takot sa Diyos higit pa kaysa
sa karamihan. 3 At sinabi ko sa kanila, “Huwag ninyong
buksan ang mga tarangkahan ng Jerusalem hangga't hindi
pa tirik ang araw. Habang may nagbabantay sa tarangkahan,
maaari ninyong isara ang mga pinto at lagyan ng harang
ang mga ito. Magtalaga kayo ng mga tagapagbantay mula
doon sa mga naninirahan sa Jerusalem, ang ilan ay italaga
sa kanilang himpilan, at ang ilan sa harap ng kanilang
mga bahay.” 4 Ngayon ang lungsod ay malawak at malaki,
pero kaunti lang ang mga taong nasa loob nito, at wala
pang mga bahay ang muling naitatayo. 5 Inilagay ng aking
Diyos sa aking puso na tipunin ang mga maharlika, ang
mga opisyales, at ang mga tao na itala ang kanilang mga
pangalan ayon sa kanilang mga pamilya. Natagpuan ko ang
Talaan ng Lahi ng unang pangkat ng mga bumalik at aking
natagpuan ang mga sumusunod na nakasulat dito. 6 “Ito
ang mga mamamayan ng lalawigan na umakyat mula sa
pagkatapon at naging bihag ni Nebucadnezar, ang hari ng
Babilonia. Bumalik sila sa Jerusalem at sa Judah, ang bawat
isa sa kani-kaniyang lungsod. 7 Dumating sila na kasama
sila Zerubabbel, Jeshua, Nehemias, Azarias, Raamias,
Nahamani, Mordecai, Bilsan, Misperet, Bigvai, Nehum, at
Baana. Ang bilang ng mga kalalakihan ng bayan ng Israel ay
kabilang ang mga sumusunod. 8 Ang mga kaapu-apuhan ni
Paros, 2, 172. 9 Ang mga kaapu-apuhan ni Shefatias, 372.
10 Ang mga kaapu-apuhan ni Arah, 652. 11 Ang mga kaapu-
apuhan ni Pahath Moab, sa pamamagitan ng mga kaapu-
apuhan ni Jeshua at Joab, 2, 818. 12 Ang mga kaapu-
apuhan ni Elam, 1, 254. 13 Ang mga kaapu-apuhan ni Zatu,
845. 14 Ang mga kaapu-apuhan ni Zacai, 760. 15 Ang mga
kaapu-apuhan ni Binui, 648. 16 Ang mga kaapu-apuhan ni
Bebai, 628. 17 Ang mga kaapu-apuhan ni Azgad, 2, 322.
18 Ang mga kaapu-apuhan ni Adonikam, 667. 19 Ang mga
kaapu-apuhan ni Bigvai, 2, 067. 20 Ang mga kaapu-apuhan
ni Adin, 655. 21 Ang mga kaapu-apuhan ni Ater, ni Hezekias,
98. 22 Ang mga kaapu-apuhan ni Hasum, 328. 23 Ang mga
kaapu-apuhan ni Bezai, 324. 24 Ang mga kaapu-apuhan ni
Harif, 112. 25 Ang mga kaapu-apuhan ni Gibeon, 95. 26
Ang mga lalaki mula sa Bethlehem at Netofa, 188. 27 Ang
mga lalaki mula sa Anatot, 128. 28 Ang mga lalaki ng Beth
Azmavet, 42. 29 Ang mga lalaki ng Kiriat Jearim, Chephira,
at Beerot, 743. 30 Ang mga lalaki ng Rama at Geba, 621.
31 Ang mga lalaki ng Micmas, 122. 32 Ang mga lalaki ng
Bethel at Ai, 123. 33 Ang mga lalaki sa iba pang Nebo, 52.
34 Ang mga tao sa iba pang Elam, 1, 254. 35 Ang mga
lalaki ng Harim, 320. 36 Ang mga lalaki ng Jerico, 345. 37

Ang mga lalaki ng Lod, Hadid, at Ono, 721. 38 Ang mga
lalaki ng Senaa, 3, 930. 39 Ang mga pari: Ang mga kaapu-
apuhan ni Jedaias (sa bahay ni Jeshua), 973. 40 Ang mga
kaapu-apuhan ni Imer, 1, 052. 41 Ang mga kaapu-apuhan ni
Pashur, 1, 247. 42 Ang mga kaapu-apuhan ni Harim, 1, 017.
43 Ang mga Levita: ang mga kaapu-apuhan ni Jeshua, ni
Kadmiel, ang kaapu-apuhan ni Hodavias, 74. 44 Ang mga
mang-aawit: ang mga kaapu-apuhan ni Asaf, 148. 45 Ang
mga tagapagbantay ng tarangkahan na kaapu-apuhan ni
Sallum, ang mga kaapu-apuhan ni Ater, ang mga kaapu-
apuhan ni Talmon, ang mga kaapu-apuhan ni Akub, ang mga
kaapu-apuhan ni Hatita, ang mga kaapu-apuhan ni Sobai,
138. 46 Ang mga lingkod ng templo: ang mga kaapu-apuhan
ni Ziha, ang mga kaapu-apuhan ni Hasufa, ang mga kaapu-
apuhan ni Tabaot, 47 ang mga kaapu-apuhan ni Keros, ang
mga kaapu-apuhan ni Sia, ang mga kaapu-apuhan ni Padon,
48 ang mga kaapu-apuhan ni Lebana, ang mga kaapu-
apuhan ni Hagaba, ang mga kaapu-apuhan ni Salmai, 49
ang mga kaapu-apuhan ni Hanan, ang mga kaapu-apuhan ni
Gidel, ang mga kaapu-apuhan ni Gahar. 50 Ang mga kaapu-
apuhan ni Reaias, ang mga kaapu-apuhan ni Rezin, ang
mga kaapu-apuhan ni Nekoda, 51 ang mga kaapu-apuhan ni
Gazam, ang mga kaapu-apuhan ni Uza, ang mga kaapu-
apuhan ni Pasea, 52 ang mga kaapu-apuhan ni Besai, ang
mga kaapu-apuhan ni Meunim, ang mga kaapu-apuhan ni
Nefusesim. 53 Ang mga kaapu-apuhan ni Bakbuk, ang mga
kaapu-apuhan ni Hakufa, ang mga kaapu-apuhan ni Harhur,
54 ang mga kaapu-apuhan ni Bazlit, ang mga kaapu-apuhan
ni Mehida, ang mga kaapu-apuhan ni Harsa, 55 ang mga
kaapu-apuhan ni Barkos, ang mga kaapu-apuhan ni Sisera,
ang mga kaapu-apuhan ni Tema, 56 ang mga kaapu-apuhan
ni Nezias, ang mga kaapu-apuhan ni Hatifa. 57 Ang mga
kaapu-apuhan ng mga lingkod ni Solomon: ang mga kaapu-
apuhan ni Sotai, ang mga kaapu-apuhan ni Soferet, ang
mga kaapu-apuhan ni Perida, 58 ang mga kaapu-apuhan ni
Jaala, ang mga kaapu-apuhan ni Darkon, ang mga kaapu-
apuhan ni Gidel, 59 ang mga kaapu-apuhan ni Shefatias,
ang mga kaapu-apuhan ni Hatil, ang mga kaapu-apuhan ni
Poqereth Hazebaim, ang mga kaapu-apuhan ni Amon. 60
Lahat ng mga lingkod ng templo, at lahat ng mga kaapu-
apuhan ng mga lingkod ni Solomon, ay 392. 61 At ang mga
sumusunod ay ang mga pumunta mula sa Tel Mela, Tel
Charsa, Cherub, Adon, at Imer; pero hindi nila mapatunayan
na sila o ang mga pamilya ng kanilang mga ninuno ay mga
kaapu-apuhan mula sa Israel: 62 Ang mga kaapu-apuhan
ni Delaias, ang mga kaapu-apuhan ni Tobias, ang mga
kaapu-apuhan ni Nekoda, 642. 63 At ang mga pari: ang
mga kaapu-apuhan ni Hobaias, ang mga kaapu-apuhan ni
Hakoz, ang mga kaapu-apuhan ni Barzilai na ginawang
asawa ang mga anak na babae ni Barzilai na taga-Galaad at
tinawag ayon sa kanilang pangalan. 64 Sinaliksik nila ang
pagkakatala ng kanilang pangalan kung kasama sa mga
nakatala ayon sa kanilang lahi, pero hindi nila matagpuan,
kaya sila ay ibinukod mula sa pagkapari bilang marumi. 65 At
sinabi ng gobernador sa kanila na hindi dapat sila payagan
na kumain sa bahagi ng pagkain ng mga pari na mula sa
mga alay hanggang sa pagkakataon na may lumitaw na
pari na may Urim at Tumim. 66 Ang buong kapulungan na
magkakasama ay 42, 360, 67 maliban pa sa kanilang mga
lalaking lingkod at kanilang mga babaeng lingkod, na ang
bilang ay 7, 337. Sila ay mayroong 245 na mang-aawit na
mga lalaki at mga babae. 68 Ang kanilang mga kabayo ay
736, ang kanilang mga mola, 245, 69 ang kanilang mga
kamelyo, 435, at ang kanilang mga asno, 6, 720. 70 Ang
ilan sa mga pinuno ng mga angkan ng mga ninuno ay
nagbigay ng mga kaloob para sa gawain. Ang gobernador
ay nagbigay sa pananalapi ng isang libong daric ng ginto, 50
mga mangkok, at 530 mga kasuotang pang-pari. 71 Ang ilan
sa mga pinuno ng angkan ng mga ninuno ay nagbigay sa
pananalapi para sa gawain ng 20, 000 mga daric ng ginto
at 2, 200 na mga mina ng pilak. 72 Ang natirang mga tao
ay nagbigay ng 20, 000 na mga daric ng ginto, at 2, 200
na mga mina ng pilak, at animnapu't pitong mga balabal
para sa mga pari. 73 Kaya ang mga pari, ang mga Levita,
ang mga tagapagbantay ng tarangkahan, ang mga mang-
aawit, ang ilan sa mga mamamayan, ang mga lingkod sa
templo, at lahat ng Israelita ay nanirahan sa kani-kanilang
mga lungsod. Nang ika-pitong buwan ang mga bayan ng
Israel ay nanahan sa kanilang mga lungsod."

**8** Ang lahat ng tao ay nagtipon-tipon para sa isang layunin
sa liwasan sa harap ng Tarangkahan ng Tubig. Sinabi
nila kay Ezra, ang eskriba na dalhin ang Aklat na Batas ni
Moises, na iniutos ni Yahweh sa Israel. 2 Sa unang araw ng
ika-pitong buwan, si Ezra, ang pari ay dinala ang batas sa
harap ng pagpupulong, sa kapwa mga lalaki at babae, at sa
lahat ng nakakarinig at nakakaunawa. 3 Humarap siya sa
liwasan sa harap ng Tarangkahan ng Tubig, at binasa niya
ito mula umaga hanggang tanghali, sa harap ng mga lalaki
at babae, at sinumang nakauunawa. At ang lahat ng tao ay
nakinig nang masigasig sa Aklat ng Batas. 4 At si Ezra,
ang eskriba ay tumayo sa isang mataas na entabladong
kahoy na ginawa ng mga tao para sa layuning iyon. Ang
mga nakatayo sa kaniyang tabi ay sina Matanias, Sema,
Anaya, Urias, Hilkias, at Maaseias, sa kaniyang kanan; at
Pedaias, Misael, Malquias, Hasum, Hasbadana, Zacarias at
Mesulam ay nakatayo sa kaniyang kaliwa. 5 Binuksan ni
Ezra ang aklat sa paningin ng lahat ng mga tao, dahil siya
ay nakatayo nang mataas sa mga tao, at nang binuksan

niya ito, ang lahat ng tao ay tumayo. 6 Si Ezra ay nagbigay
ng pasasalamat kay Yahweh, ang dakilang Diyos, at lahat
ng mga tao ay itinaas ang kanilang mga kamay at sumagot,
“Amen, Amen!” Pagkatapos, iniyuko nila ang kanilang mga
ulo at sumamba kay Yahweh na nakasayad ang kanilang
mukha sa lupa. 7 Maging sila Jeshua, Bani, Serebias, Jamin,
Akub, Sabetai, Hodias, Maaseias, Kelita, Azarias, Jozabad,
Hanan, Pelaias at ang mga Levita ay tumulong sa mga tao
na maintindihan ang batas, habang ang mga tao ay nanatili
sa kanilang lugar. 8 At kanilang binasa ang aklat, ang batas
ng Diyos, pinapaliwanag nang malinaw at binibigyan ng
kahulugan para maintindihan nila ang binabasa. 9 Sinabi nina
Nehemias, ang gobernador, at si Ezra, ang pari at eskriba,
at ang mga Levita na nagbibigay-kahulugan sa mga tao sa
kanila, “Ang araw na ito ay banal kay Yahweh na inyong
Diyos. Huwag kayong mamighati at umiyak.” Dahil ang lahat
ng tao ay umiyak nang marinig nila ang mga salita ng batas.
10 Pagkatapos, sinabi ni Nehemias sa kanila, “Humayo na
kayo, kainin ninyo ang taba at kumuha kayo ng matamis na
maiinom, at ipadala ang ilan nito sa mga walang naihanda,
dahil ang araw na ito ay banal sa ating Panginoon. Huwag
kayong magdalamhati, dahil ang kagalakan ni Yahweh ang
inyong lakas.” 11 Kaya pinatahimik ng mga Levita ang mga
tao, na sinasabing, “Tumahimik kayo! Dahil ang araw na
ito ay banal. Huwag kayong magdalamhati.” 12 At lahat
ng tao ay humayo para kumain, uminom, magbahagi ng
pagkain at magdiwang ng may matinding kagalakan dahil
naunawaan nila ang mga salitang ipinahayag sa kanila. 13
Sa ikalawang araw ang mga pinuno ng mga pamilya ng
kanilang mga ninuno mula sa lahat ng tao, ang mga pari at
mga Levita, ay nagpunta nang sama-sama kay Ezra, ang
eskriba para makatanggap ng kaalaman mula sa mga salita
ng batas. 14 At kanilang natagpuan na nakasulat sa batas
kung paano iniutos ni Yahweh sa pamamagitan ni Moises na
ang bayan ng Israel ay kailangan manirahan sa mga kubol
sa panahon ng kapistahan sa ikapitong buwan. 15 Kailangan
nilang gumawa ng isang panukala sa lahat ng kanilang
mga lungsod, at sa Jerusalem, na nagsasabing, “Pumunta
kayo sa burol, at magdala kayo ng mga sanga pabalik mula
sa mga puno ng olibo at ligaw na olibo, at mula sa mirto,
mga palma at mayabong na mga puno, para gumawa ng
pansamantalang bahay, katulad nang nasusulat.” 16 Kaya
ang mga tao ay pumunta at nagdala ng mga sanga pabalik
at ginawan nila ang kanilang mga sarili ng kubol, bawat
isa sa kanilang mga bubong, sa kanilang mga patyo, sa
mga hukuman ng bahay ng Diyos, sa bukas na lugar sa
Tarangkahan ng Tubig, at sa bukas na lugar sa Tarangkahan
ng Efraim. 17 At lahat ng kapulungan ng mga bumalik mula
sa pagkabihag ay gumawa ng mga kubol at tumira doon.
Dahil simula noong mga araw ni Josue, anak na lalaki ni
Nun, hanggang sa araw na iyon, ang bayan ng Israel ay
hindi ipinagdiwang ang kapistahang ito. At ang kagalakan
nila ay lubos-lubos. 18 Gayundin araw-araw, mula sa unang
araw hanggang sa huli, si Ezra ay nagbasa mula sa Aklat ng
Batas ng Diyos. Pinanatili nila ang kapistahan nang pitong
araw at sa ikawalong araw ay isang taimtim na pagpupulong,
bilang pagsunod sa kautusan.

9 Ngayon sa ika-dalawampu't-apat na araw ng parehong
na buwan, ang bayan ng Israel ay nagpulong at sila ay
nag-ayuno, at nagsuot sila ng telang sako, at naglagay ng
alikabok sa kanilang mga ulo. 2 Inihiwalay ng mga kaapu-
apuhan ng Israel ang kanilang sarili mula sa lahat ng mga
dayuhan. Tumayo sila at nagtapat ng kanilang sariling mga
kasalanan at masasamang mga gawain ng kanilang mga
ninuno. 3 Tumayo sila sa kanilang mga lugar, at sa ika-apat
na araw nagbasa sila mula sa Aklat ng Batas ni Yahweh
na kanilang Diyos. Sa isa pang ika-apat na araw sila ay
nagtatapat at yumuyuko sa harap ni Yahweh na kanilang
Diyos. 4 Ang mga Levita, sila Jeshua, Bani, Kadmiel,
Sebanias, Buni, Serebias, Bani, at Kenani, ay tumayo sa
mga hagdan at sila ay tumawag ng may malakas na tinig kay
Yahweh na kanilang Diyos. 5 Tapos ang mga Levita, Jeshua,
at Kadmiel, Bani, Hasabneias, Serebias, Hodias, Sebanias
at Petahias, ay sinabing, “Tumayo kayo at magbigay ng
papuri kay Yahweh na inyong Diyos magpakailanman.”
“Nawa pagpalain nila ang iyong maluwalhating pangalan, at
madakila ito nang higit sa anumang pagpapala at pagpupuri.
6 Ikaw si Yahweh. Ikaw lamang. Ginawa mo ang langit, ang
pinakamataas na kalangitan, kasama ng lahat ng kanilang
mga anghel na nakahanda para sa digmaan, at ang lupa
at lahat nang naroon, at ang mga dagat at lahat ng nasa
kanila. Nagbigay ka ng buhay sa kanilang lahat, at ang
hukbo ng mga anghel ng langit ay sumasamba sa iyo. 7
Ikaw si Yahweh, ang Diyos na pumili kay Abram, at ang
naglabas sa kaniya sa Ur ng Caldea, at ang nagbigay sa
kaniya ng pangalang Abraham. 8 Natagpuan mong tapat
ang kaniyang puso sa iyong harapan, at gumawa ka ng tipan
sa kaniya na ibibigay mo sa kaniyang mga kaapu-apuhan
ang lupain ng Cananeo, Heteo, Amoreo, Perezeo, Jebuseo
at ng Gergeseo. Pinanatili mo ang iyong pangako dahil ikaw
ay matuwid. 9 Nakita mo ang paghihirap ng aming mga
ninuno sa Ehipto at narinig mo ang kanilang mga hinagpis
sa dagat ng mga Tambo. 10 Nagbigay ka ng mga tanda at
kababalaghan laban sa Paraon, at sa lahat ng kaniyang
mga alipin, at sa lahat ng mga tao sa kaniyang lupain, dahil
alam mo na ang mga taga-Ehipto ay kumilos nang may
pagmamataas laban sa kanila. Pero gumawa ka ng pangalan
para sa iyong sarili na nananatili hanggang sa araw na

ito. 11 At hinati mo ang dagat sa kanilang harapan, kaya
dumaan sila sa tuyong lupa sa gitna ng dagat; at tinapon
ang mga humabol sa kanila papunta sa mga kailaliman,
gaya ng isang bato sa malalim na katubigan. 12 Ginabayan
mo sila sa pamamagitan ng isang haliging ulap sa araw, at
sa pamamagitan ng haliging apoy sa gabi, para ilawan ang
kanilang daan nang sa gayon makalakad sila sa liwanag
nito. 13 Sa bundok ng Sinai bumaba ka at kinausap sila mula
sa langit at binigyan mo sila ng makatuwirang mga kautusan
at totoong mga batas, mabuting mga alituntunin at mga
kautusan. 14 Pinaalam mo ang iyong Banal na Pamamahinga
sa kanila, at binigyan mo sila ng mga kautusan at alituntunin
at batas sa pamamagitan ni Moises na iyong lingkod. 15
Binigyan mo sila ng tinapay mula sa langit para sa kanilang
gutom, at tubig mula sa isang bato para sa kanilang uhaw,
at sinabi mo sa kanila na pumunta para angkinin ang lupain
na pinangako mo na ibibigay sa kanila. 16 Pero sila at ang
aming mga ninuno ay kumilos ng may kalapastanganan,
at matigas ang ulo nila, at hindi nakinig sa iyong mga
kautusan. 17 Tumanggi silang makinig, at hindi nila inisip ang
tungkol sa mga kababalaghan na iyong ginawa sa kanilang
kalagitnaan, pero naging mapagmatigas sila, at sa kanilang
paghihimagsik sila ay nagtalaga ng pinuno na magbabalik
sa kanila sa pagkakaalipin. Pero ikaw ang Diyos na puno
ng kapatawaran, mapagbigay-loob at mahabagin, hindi
madaling magalit, at sagana sa pag-ibig na hindi nagbabago.
Hindi mo sila iniwan. 18 Hindi mo sila iniwan kahit na sila ay
gumawa ng guya mula sa tinunaw na bakal at sinabing, 'Ito
ang inyong Diyos na nag-alis sa inyo sa Ehipto,' habang sila
ay gumagawa ng labis na mga kalapastanganan. 19 Ikaw, at
ang iyong kahabagan, ay hindi nagpabaya sa kanila sa ilang.
Ang haliging ulap na gagabay sa kanila sa kanilang daan
ay hindi sila iniwan sa araw, maging ang haliging apoy sa
gabi para bigyan ng liwanag ang kanilang daan kung saan
sila maglalakad. 20 Binigay mo ang mabuti mong Espiritu
para turuan sila, at ang iyong manna ay hindi mo ipinagkait
sa kanilang mga bibig, at binigyan mo sila ng tubig para
sa kanilang pagkauhaw. 21 Sa apatnapung taon ibinigay
mo ang kanilang pangangailangan sa ilang, at hindi sila
nagkulang. Ang kanilang mga kasuotan ay hindi nasira at
ang kanilang mga paa ay hindi namaga. 22 Binigyan mo
sila ng mga kaharian at mamamayan, at nagtakda ka sa
kanila ng lupain sa bawat malalayong sulok. Kaya kinuha
nila bilang pag-aari ang lupain ni Haring Sihon ng Hesbon,
at ang lupain ng Og na hari ng Bashan. 23 Ginawa mo ang
kanilang mga anak na kasing dami ng bituin sa langit, at
dinala mo sila sa lupain. Sinabi mo sa kanilang mga ninuno
na pumunta at angkinin iyon. 24 Kaya ang mga tao ay
pumunta doon at inangkin ang lupain, at sinakop mo bago
pa man sila manirahan sa lupain, ang mga Cananeo. Binigay
mo sila sa kanilang mga kamay, kasama ng kanilang mga
hari at mga mamamayan ng lupain, para magawa ng Israel
ang anumang naisin nila sa kanila. 25 Nasakop nila ang mga
matatatag na lungsod at masaganang lupain, at nasakop nila
ang mga bahay na puno ng lahat ng mabubuting bagay, ang
mga balon ay nahukay na, ang mga ubasan at halamanan
ng olibo, at punong prutas ay nananagana. Kaya sila ay
kumain, nabusog, nasiyahan, at labis na natuwa sa kanilang
mga sarili dahil sa iyong dakilang kabutihan. 26 Pagkatapos,
sila ay naging suwail at naghimagsik laban sa iyo. Tinapon
nila ang iyong batas sa kanilang likuran. Pinatay nila ang
iyong mga propeta na nagbabala sa kanila na bumalik sa
iyo, at gumawa sila ng matinding mga kalapastanganan. 27
Kaya binigay mo sila sa kamay ng kanilang mga kaaway, na
nagdulot ng kanilang paghihirap. At sa oras ng kanilang
paghihirap, sila ay umiyak sa iyo at dininig mo sila mula
sa langit at maraming beses mo silang iniligtas sa kamay
ng kanilang mga kaaway dahil sa inyong dakilang awa.
28 Pero pagkatapos nilang makapagpahinga, gumawa ulit
sila ng kasamaan sa harapan mo, at ipinaubaya mo sila
sa kamay ng kanilang mga kaaway, kaya pinamahalaan
sila ng kanilang mga kaaway. Pero nang bumalik sila at
umiyak sa iyo, dininig mo sila mula sa langit, at maraming
beses, dahil sa iyong habag, na iniligtas mo sila. 29 Binalaan
mo sila para manumbalik sila sa iyong batas. Pero kumilos
sila nang may pagmamataas at hindi nakinig sa iyong mga
kautusan. Sila ay nagkasala laban sa iyong mga kautusan
na nagbibigay ng buhay sa sinumang sumusunod dito. Hindi
nila sinunod ang mga iyon, at hindi nila ito binigyan ng
pansin, at tinanggihan nilang makinig sa mga iyon. 30 Sa
maraming taon, sila ay pinagtiisan mo at binalaan ayon
sa iyong Espiritu sa pamamagitan ng iyong mga propeta.
Gayumpaman hindi pa rin sila nakinig. Kaya ibinigay mo
sila sa mga kalapit-bansa. 31 Pero sa iyong dakilang habag
hindi mo sila lubusang nilipol, o pinabayaan, dahil ikaw ay
mahabagin at maawain na Diyos. 32 Kaya ngayon, aming
Diyos, ang dakila, ang makapangyarihan, at ang kamangha-
manghang Diyos, na siyang tumutupad sa kaniyang tipan
at tapat na pagmamahal, huwag mong maliitin ang lahat
ng paghihirap na dumating sa amin, sa aming mga hari,
sa aming mga prinsipe, sa aming mga pari, sa aming mga
propeta, at sa aming mga ninuno, at sa lahat na iyong
mga tao mula sa araw ng mga hari ng Asiria hanggang sa
araw na ito. 33 Ikaw ay makatuwiran sa lahat ng bagay na
dumating sa amin, dahil matapat mo kaming pinakitunguhan,
at kami ay kumilos nang may kasamaan. 34 Ang aming
mga hari, mga prinsepe, mga pari, at mga ninuno ay hindi
pinanatili ang iyong batas, ni binigyang pansin ang iyong

mga kautusan o ang mga utos mo sa tipan na babala sa
kanila. 35 Kahit na sa kanilang sariling kaharian, habang
sila ay nagsasaya sa iyong dakilang kabutihan sa kanila,
sa malaki at masaganang lupain na hinanda mo sa kanila,
hindi sila naglingkod sa iyo o lumayo mula sa kanilang
masasamang gawi. 36 Ngayon sa lupain na binigay mo
sa aming mga ninuno para masiyahan sa mga prutas at
mabubuting kaloob, kami ay mga alipin, tingnan mo, kami ay
mga alipin! 37 Ang masaganang ani mula sa aming mga
lupain ay napupunta sa mga hari na iyong itinakda para sa
amin dahil sa aming mga kasalanan. Sila ang namamahala
sa aming mga katawan at sa aming mga alagang hayop ayon
sa kanilang kagustuhan. Kami ay nasa labis na pagdurusa.
38 Dahil sa lahat ng ito, kami ay gumawa ng isang matatag
na tipan sa kasulatan. Sa selyadong dokumento ay ang mga
pangalan ng aming mga prinsipe, mga Levita at mga pari."

10 Ang mga naglagay ng mga pangalan nila sa selyadong
kasulatan ay sina: Nehemias anak ni Hachalias, ang
gobernador, at ang mga pari na siyang lumagda ay sila
Zedekias, 2 Seraias, Azarias, Jeremias, 3 Pashur, Amarias,
Malchias, 4 Hattus, Sebanias, Maluch, 5 Harim, Meremot,
Obadias, 6 Daniel, Ginnethon, Baruch, 7 Mesullam, Abias,
Miamim, 8 Maazias, Bilgai, at Semeias. Ito ang mga pari. 9
Ang mga Levita ay sina: Jeshua anak ni Azanias, Binui mula
sa pamilya ni Henadad, Kadmiel, 10 at ang kapwa nila mga
Levita, Sebanias, Hodias, Kelita, Pelaias, Hanan, 11 Mica,
Rehob, Hashabias, 12 Zacur, Serebias, Sebanias, 13 Hodias,
Bani, at Beninu. 14 Ang mga pinuno ng bayan ay sina: Paros,
Pahat-moab, Elam, Zatu, Bani, 15 Bunni, Azgad, Bebai, 16
Adonijas, Bigvia, Adin, 17 Ater, Hezekias, Azur, 18 Hodias,
Hasum, Besai, 19 Hariph, Anathoth, Nebai, 20 Magpias,
Mesulam, Hezir, 21 Mesezabel, Zadok, Jaddua, 22 Pelatias,
Hanan, Anaias, 23 Oseas, Hananias, Hasub, 24 Halohesh,
Pilha, Sobek, 25 Rehum, Hasabna, Maaseias, 26 Ahias,
Hanan, Anan, 27 Maluc, Harim, at Baana. 28 At sa mga
natitirang mga tao, na mga pari, Levita, mga tagapagbantay
ng tarangkahan, mga mang-aawit, mga tagapaglingkod sa
templo, at lahat ng binukod ang kanilang mga sarili mula sa
mga tao ng mga kalapit-bayan at ipinangako ang kanilang
mga sarili sa batas ng Diyos, kasama ang kanilang mga
asawa, mga anak na lalaki at babae, lahat ng mayroong
kaalaman at pang-unawa, 29 sumama sila kasama ng
kanilang mga kapatid, mga maharlika, at tinali nila ang
kanilang mga sarili sa isang sumpaan at pangako na lalakad
sa batas ng Diyos, na ibinigay sa pamamagitan ni Moises
ang lingkod ng Diyos, at sisiyasatin at susunod sa lahat ng
mga kautusan ni Yahweh na ating Panginoon at sa kaniyang
utos at alintuntunin. 30 Nangako kami na hindi namin ibibigay
ang aming mga anak na babae para sa mga tao sa lupain o
kukuha ng kanilang mga anak na babae para sa mga anak
naming lalaki. 31 Nangako rin kami na kung ang mga tao
sa lupain ay nagdala ng mga kalakal o anumang butil para
itinda sa Araw ng Pamamahinga, hindi kami bibili sa kanila
sa anumang banal na araw. Tuwing ikapitong taon hahayaan
namin ang aming kabukiran na mapahinga, at aalisin namin
ang lahat ng utang na pinagkasunduan ng ibang mga Judio.
32 Tinanggap namin ang mga utos na magbigay ng ikatlo ng
siklo bawat taon para sa paglilingkod sa tahanan ng ating
Diyos, 33 na magkaloob ng tinapay sa kaniyang presensiya,
at para sa karaniwang handog na butil, ng mga sinusunog na
handog sa mga Araw ng Pamamahinga, para sa pagdiriwang
ng bagong buwan at mga tinakdang kapistahan, at para sa
banal na mga handog, at para sa mga handog sa kasalanan
para mabayaran ang kasalanan ng Israel, gayundin sa lahat
ng gawain sa tahanan ng ating Diyos. 34 At ang mga pari,
ang mga Levita, at ang mga tao ay nagpalabunutan para
sa handog na kahoy. Ang palabunutan ay pipili kung sino
sa mga pamilya ang magdadala ng kahoy sa tahanan ng
ating Diyos sa mga itinalagang panahon bawat taon. Ang
kahoy ay susunugin sa altar ni Yahweh na ating Diyos,
katulad ng nasusulat sa batas. 35 Pinangako namin na
magdadala sa tahanan ni Yahweh ng mga unang bunga
na tumubo sa aming lupain, at ng unang bunga ng bawat
puno sa bawat taon. 36 At tulad ng nasusulat sa batas,
nangako kami na dadalhin namin sa tahanan ng Diyos at
sa mga pari na siyang naglilingkod doon, ang aming mga
anak na lalaki at ang aming mga kawan at kalupunan. 37
Dadalhin namin ang unang minasang tinapay at ang aming
mga handog na butil, at ang bunga ng bawat puno, at ang
bagong alak at ang langis na dadalhin namin sa mga pari,
sa mga imbakan sa tahanan ng ating Diyos. Dadalhin namin
sa mga Levita ang mga ikapu mula sa aming lupa dahil ang
mga Levita ang lumilikom ng mga ikapu mula sa lahat ng
bayan kung saan kami naghahanapbuhay. 38 Isang pari,
mula sa kaapu-apuhan ni Aaron, ay kailangan sumama sa
mga Levita kapag tumatanggap sila ng mga ikapu. Ang mga
Levita ay kailangang dalhin ang ikasampu ng mga ikapu sa
tahanan ng ating Diyos sa mga imbakan ng ingat-yaman. 39
Dahil ang bayan ng Israel at ang mga kaapu-apuhan ni Levi
ay magdadala ng ambag na butil, bagong alak, at langis
sa mga imbakan kung saan nilalagay ang mga kagamitan
ng santuwaryo at kung saan nananatili ang mga pari na
naglilingkod, ang mga tagapagbantay ng tarangkahan, at
ang mga mang-aawit. Hindi namin pababayaan ang tahanan
ng ating Diyos.

11 Ang mga pinuno ng bayan ay nanirahan sa Jerusalem,
at ang naiwang mga tao ay nagpalabunutan para
dalhin ang isang pamilya mula sa sampu na manirahan

sa Jerusalem, ang banal na lungsod, at ang iba pang
siyam ay nanatili na sa ibang mga bayan. 2 At pinagpala
ng mga tao ang lahat ng mga nagkusang manirahan sa
Jerusalem. 3 Ito ang mga pinuno sa lalawigan na nanirahan
sa Jerusalem. Gayumpaman, sa mga bayan ng Juda, bawat
isa ay nanirahan sa kaniyang sariling lupa, kasama ang ilang
mga Israelita, mga pari, mga Levita, mga tagapaglingkod sa
templo at mga kaapu-apuhan ng mga lingkod ni Solomon. 4
Nanirahan sa Jerusalem ang ilan sa mga kaapu-apuhan ni
Juda at ilan sa mga kaapu-apuhan ni Benjamin. Ang mga
mamamayan mula sa Juda kasama: si Ataias na anak ni
Uzias na anak ni Zacarias na anak ni Amarias na anak ni
Sefatias na anak ni Mahalael, na kaapu-apuhan ni Peres. 5
At naroon si Maaseias na anak ni Baruc na anak Colhoze na
anak ni Hazaias na anak ni Adaias na anak ni Joiarib na
anak ni Zacarias, na anak ng Silonita. 6 Lahat ng mga anak
ni Peres na nanirahan sa Jerusalem ay 468. Sila ay mga
tanyag na kalalakihan. 7 Ang mga ito ay mula sa kaapu-
apuhan ni Benjamin: sina Salu na anak ni Mesulam na anak
ni Joed na anak ni Pedaias na anak ni Kolaias na anak
ni Maaseias na anak ni Itiel na anak ni Jesaias. 8 Ang
sumunod sa kaniya ay sina Gabai at Salai, na may kabuuang
928 katao. 9 Si Joel na anak ni Zicri ay tagapamahala,
nila at si Juda na anak ni Hesenua ay ang pangalawang
tagapamahala sa buong lungsod. 10 Mula sa mga pari: sina
Jedaias na anak ni Joiarib, Jaiquin, 11 Seraias na anak ni
Helkias na anak ni Mesulam na anak ni Zadok na anak ni
Meraiot na anak ni Ahitub, ang pinuno sa tahanan ng Diyos,
12 at ang kanilang mga kasamahan na gumawa ng trabaho
ng angkan, 822 na mga kalalakihan, kasama si Adaias na
anak ni Jeroham na anak ni Pelalias na anak ni Amzi na
anak ni Zacarias na anak ni Pashur na anak ni Malquijas.
13 At ito ang kaniyang mga kasamahan na pinuno ng mga
sambahayan, 242 na mga lalaki, at si Amasai ang na anak
ni Azarel na anak ni Azai na anak ni Mesilemot na anak ni
Immer, 14 at kanilang mga kapatid, mga matatapang na
mandirigma, ang bilang ay 128; ang kanilang pangunahing
pinuno ay si Zabdiel na anak ni Hagedolim. 15 At mula
sa mga Levita: si Semaias na anak ni Hasub na anak ni
Azrikam na anak ni Hashabias na anak ni Buni, 16 at si
Sabitai at Jozabad, na mula sa mga pinuno ng mga Levita
na nakatalaga sa gawaing panlabas ng tahanan ng Diyos.
17 Doon si Matanias na anak ni Mica na anak ni Zabdi, mula
sa kaapu-apuhan ni Asaf, ang tagapangasiwa na nanguna
sa panalangin ng pagpapasalamat, at si Bakbukuias, na
pangalawa sa kaniyang mga kasamahan, at si Abda na
anak ni Samua na anak ni Galal na anak ni Jeduthun. 18 Sa
kabuuan ng banal na lungsod ay may 284 na mga Levita.
19 Ang mga tagapagbantay ng tarangkahan: sina Akub,
Talmon, at kanilang mga kasamahan, na nagbabantay ng
mga tarangkahan, 172 mga lalaki. 20 At ang natira mula
sa Israel at sa mga pari at sa mga Levita ay naroon sa
lahat ng mga bayan ng Juda. Bawat isa ay nanirahan sa
sariling minanang lupain. 21 Ang mga manggagawa ng
templo ay nanirahan sa Ofel, at sina Ziha at Gispa ang
namahala sa kanila. 22 Ang pangunahing pinuno ng mga
Levita na naglilingkod sa Jerusalem ay si Uzi na anak ni
Bani na anak ni Hashabias na anak ni Matanias na anak ni
Mica, mula sa mga kaapu-apuhan ni Asap na mga mang-
aawit na namamahala sa gawain sa tahanan ng Diyos. 23
Sila ay nasa ilalim ng mga kautusan ng hari at mahigpit na
kautusan ang ibinibigay sa mga mag-aawit na araw-araw
kailangang gawin. 24 At si Petahias na anak ni Mesezabel,
mula sa kaapu-apuhan ni Zera na anak ni Juda, ay palaging
nasa tabi ng hari sa lahat ng usapin tungkol sa mga tao. 25
Tungkol sa mga nayon at kanilang mga bukirin, ilan sa mga
mamamayan ng Juda ay nanirahan sa Kiriat Arba at sa mga
nayo nito, at sa Dibon at mga nayon nito, at sa Jekabzeel at
mga nayon nito. 26 Sila ay nanirahan din sa Jeshua, Molada,
Beth-Pelet, 27 Hazar-shual, Beer-seba at mga nayon nito.
28 At sila ay nanirahan sa Ziklag, Mecona, at mga nayon
nito, 29 sa En-rimon, Zora, Jarmut, 30 Zanoa, Adullam, at
mga nayon nito, at sa Laquis sa kabukiran nito at sa Azeka
at mga nayon nito. Kaya nanirahan sila mula sa Beer-seba
patungo sa lambak ng ng Ben Hinom. 31 Ang mga lipi ni
Benjamin ay nanirahan din mula at paakyat sa Geba, at
Micmas, at Aija, at sa Bethel at kanilang mga nayon. 32
Sila ay nanirahan din sa Anatot, Nob, Ananias, 33 Hazor,
Rama, Gitaim, 34 Hadid, Zeboim, Nebalat, 35 Lod, at Ono,
ang lambak ng mga manggagawa. 36 Ilan sa mga Levita na
nanirahan sa Juda ay itinalaga sa bayan ni Benjamin.

**12** Ito ang mga pari at mga Levita na umakyat kasama
sina Zerubabel na anak ni Sealtiel at kasama ni Josue:
sina Sereias, Jeremias, Ezra, 2 Amarias, Maluc, Hatus, 3
Secanias, Rehum, at Meremot. 4 Naroon sina Ido, Ginetoi,
Abijas, 5 Mijamin, Maadias, Bilga, 6 Semaias, at Joiarib,
Jedaias. 7 Sina Saul, Amok, Hilkias, at Jedaias. Ito ang
mga pinuno ng mga pari at kanilang mga kasamahan sa
mga araw ni Josue. 8 Ang mga Levita ay sina Josue,
Binui, Kadmiel, Serebias, Juda, at Matanias, na siyang
tagapangasiwa sa mga awit ng pasasalamat, kasama ang
kaniyang mga kasamahan. 9 Sina Bakbukuias at Uno, ang
kanilang mga kasamahan, ay nakatayo sa tapat nila habang
may gawain. 10 Si Josue ang ama ni Jehoiakim, si Joiakim
ang ama ni Eliasib, si Eliasib ang ama ni Joiada, 11 si Joiada
ang ama ni Jonatan, at si Jonatan ang ama ni Jadua. 12 Sa
mga araw ni Jehoiakim ito ang mga pari, ang mga pinuno
ng mga ama ng mga pamilya: Si Meraias ang pinuno ni

Seraias, si Hananias ang pinuno ni Jeremias, 13 si Mesulam
ang pinuno ni Ezra, si Jehohanan ang pinuno ni Amarias, 14
si Jonatan ang pinuno ni Maluqui, at si Jose ang pinuno
ni Sebanias. 15 Sa pagpapatuloy, si Adna ang pinuno ni
Harim, si Helkai ang pinuno ni Meraiot, 16 si Zacarias ang
pinuno ni Ido, si Mesulam ang pinuno ni Gineton, at 17 si
Zicri ang pinuno ni Abijas. Mayroon ding pinuno si Miniamin.
Si Piltai ang pinuno ni Moadias. 18 Si Samua ang pinuno ni
Bilga, si Jehonatan ang pinuno ni Semaias, 19 si Matenai
ang pinuno ni Joiarib, si Uzi ang pinuno ni Jedaias, 20 si
Kalai ang pinuno ni Salai, si Eber ang pinuno ni Amok, 21 si
Hashabias ang pinuno ni Hilkias, at si Nathanael ang pinuno
ni Jedaias. 22 Sa mga araw ni Eliasib, ang mga Levitang
sina Eliasib, Joiada, Johanan, at Jadua ay naitala bilang
mga pinuno ng mga pamilya, at ang mga pari ay naitala
habang naghahari si Dario ang Persiano. 23 Ang mga kaapu-
apuhan ni Levi at ang mga pinuno ng kanilang mga pamilya
ay naitala sa Aklat ng mga Salaysay hanggang sa mga
araw ni Johanan na anak ni Eliasib. 24 At ang mga pinuno
ng mga Levita ay sina Hashabias, Serabias, at Josue na
anak ni Kadmiel, kasama ang kanilang mga kasamahan na
nakatayo sa tapat nila para magbigay ng papuri at magbigay
ng pasasalamat, tumutugon ng pangkat sa pangkat, bilang
pagsunod sa utos ni David, ang lingkod ng Diyos. 25 Sina
Matanias, Bakbukuias, Obadias, Mesulam, Talmon at Akub
ay mga tagapagbantay ng tarangkahan na nakatayong
nagbabantay sa mga bodega ng mga tarangkahan. 26
Naglingkod sila sa mga araw ni Joiakim na anak ni Josue
na anak ni Jehozadak, at sa mga araw ni Nehemias ang
gobernador at ni Ezra ang pari at eskriba. 27 Sa pagtatalaga
ng pader ng Jerusalem, hinanap ng mga tao ang mga Levita
saanman sila nanirahan, para dalhin sila sa Jerusalem
para magdiwang ng pagtatalaga ng may kagalakan, may
pasasalamat at umaawit na may mga pompiyang, alpa, at
may mga lira. 28 Ang samahan ng mga mang-aawit ay sama-
samang nagtipon mula sa distrito sa paligid ng Jerusalem at
mula sa mga nayon ng mga taga-Netofa. 29 Sila ay nagmula
rin sa Beth Gilgal at mula sa mga kabukiran ng Geba at
Azmavet, dahil ang mga mang-aawit ay gumawa ng mga
nayon para sa kanilang mga sarili sa paligid ng Jerusalem.
30 Ang mga pari at ang mga Levita ay dinalisay ang kanilang
mga sarili, at pagkatapos ay dinalisay nila ang mga tao, ang
mga tarangkahan, at ang pader. 31 Pagkatapos ay kasama
ko ang mga pinuno ng Juda na umakyat sa taas ng pader, at
nagtalaga ako ng dalawang malaking pangkat ng mang-aawit
na magbibigay pasasalamat. Ang isa ay pumunta sa kanan
ng pader patungo sa Tarangkahan ng Dumi. 32 Si Hoshaias
at kalahati ng mga pinuno ng Juda ay sumunod sa kanila, 33
at pagkatapos nila ay pumunta sina Azarias, Ezra, Mesulam,
34 Juda, Benjamin, Semaias, Jeremias, 35 at ilan sa mga
anak ng mga pari na may mga trumpeta, at si Zacarias na
anak ni Jonatan na anak ni Semaias na anak ni Matanias
na anak ni Micaias na anak ni Zacur, ang kaapu-apuhan ni
Asaf. 36 Naroon din ang mga kamag-anak ni Zacarias, sina
Semaias, Azarel, Milalai, Gilalai, Maai, Nathanael, Juda,
Hanani, na may instrumento sa musika ni David ang lingkod
ng Diyos. Si Ezra ang eskriba ay nasa harap nila. 37 Sa
pamamagitan ng Tarangkahan ng Bukal, sila ay pumanhik
sa pamamagitan ng mga hagdanan sa lungsod ni David
paakyat ng pader, sa itaas ng palasyo ni David, patungo sa
Tarangkahan ng Tubig sa silangan. 38 At ang ibang pangkat
ng mang-aawit na nagbigay pasasalamat ay pumunta sa
ibang direksiyon. Sinundan ko sila sa pader kasama ang
kalahati ng mga tao, sa itaas ng Tore ng mga Pugon,
sa Malapad na Pader, 39 at sa itaas ng Tarangkahan ng
Efraim, at sa pamamagitan ng Lumang Tarangkahan, at sa
pamamagitan ng Tarangkahan ng Isda, at ng Tore ni Hananel
at ng Tore ng Sandaan, patungo sa Tarangkahan ng mga
Tupa, at huminto sila sa Tarangkahan ng Bantay. 40 Kaya
ang parehong mga pangkat ng mang-aawit na nagbigay
pasasalamat ay pumunta kung saan sila nakatalaga sa
tahanan ng Diyos, at pumunta rin ako kung saan ako
nakatalaga kasama ang kalahati ng mga pinuno. 41 At ang
mga pari ay pumunta rin kung saan sila nakatalaga: sina
Eliakim, Maaseias, Miniamin, Micaias, Elioenai, Zacarias,
at Hananias, na may mga trumpeta, 42 sina Maaseias,
Semaias, Eleazar, Uzi, Jehohanan, Malquijas, Elam, at Ezer.
Ang mga mang-aawit ay umawit kasama si Jezrahias bilang
tagapanguna. 43 At naghandog sila ng maraming mga alay
ng araw na iyon, at nagsaya, dahil dinulot ng Diyos na
sila ay magdiwang ng may labis na kagalakan. Ang mga
babae rin at mga bata ay nagsaya. Kaya ang kagalakan ng
Jerusalem ay maririnig mula sa malayo. 44 Sa araw na iyon
ang mga lalaki ay itinalaga na maging tagapangasiwa sa
mga silid-imbakan para sa mga kontribusyon, mga unang
bunga, at mga ikapu, para ipunin nila ang mga bahagi na
hiningi ng kautusan para sa mga pari at para sa mga Levita.
Ang bawat isa ay inatasang magtrabaho sa mga bukirin
malapit sa mga bayan. Dahil ang mga taga-Juda ay nagsaya
para sa mga pari at mga Levita na nakatayo sa harapan
nila. 45 Naisagawa nila ang paglilingkod sa kanilang Diyos,
at sa gawain ng pagdadalisay, bilang pagpapanatili sa utos
ni David at ni Solomon na kaniyang anak, at gayundin ang
mga mang-aawit at mga tagapagbantay ng tarangkahan.
46 Sa mahabang panahon, sa mga araw ni David at Asaf,
ay mayroong mga tagapamahala ng mga mang-aawit, at
mayroong mga awiting papuri at pasasalamat sa Diyos. 47
Sa mga araw ni Zerubabel at sa mga araw ni Nehemias,

lahat ng mga Israelita ay nagbigay ng kanilang pang-araw-
araw na mga bahagi para sa mga mang-aawit at mga
tagapagbantay ng tarangkahan. Itinabi nila ang bahagi na
para sa mga Levita, at ang mga Levita ay itinabi ang bahagi
para sa mga kaapu-apuhan ni Aaron.

**13** Nang araw na iyon binasa nila ang Aklat ni Moises
na naririnig ng mga tao. Natuklasan nila na nakasulat
doon na walang Ammonita o Moabita ang dapat sumali
sa kapulungan ng Diyos, magpakailanman. **2** Ito ay dahil
hindi sila lumapit sa mga mamamayan ng Israel nang may
tinapay at tubig, sa halip binayaran nila si Balaam para
sumpain ang Israel. Gayumpaman, ginawa ng ating Diyos na
isang pagpapala ang sumpa. **3** Nang narinig nila ang Batas,
pinaalis nila mula sa Israel ang bawat dayuhan. **4** Bago nito,
si Eliasib na pari ay itinalaga sa mga imbakan ng tahanan
ng ating Diyos. Siya ay kamag-anak ni Tobias. **5** Naghanda
si Eliasib ng isang malaking imbakan para kay Tobias,
kung saan pinaglalagyan dati ng mga handog na pagkaing
butil, ng insenso, mga kagamitan, at ng mga ikapu ng butil,
bagong alak, at ng langis, na itinalaga para sa mga Levita,
mga mang-aawit, mga tagapagbantay ng tarangkahan, at
ang mga ambag para sa mga pari. **6** Pero wala ako sa
Jerusalem nang mga panahong ito. Dahil pumunta ako sa
hari ng Babilonia na si Artaxerxes sa kaniyang ika-tatlumpu't
dalawang taon. Pagkatapos ng ilang panahon ay humingi
ako ng pahintulot sa hari para umalis, **7** at bumalik ako sa
Jerusalem. Nabatid ko ang kasamaan na ginawa ni Eliasib sa
pagbibigay kay Tobias ng isang imbakan sa patyo ng bahay
ng Diyos. **8** Nagalit ako nang lubos at itinapon ko ang lahat
ng mga kagamitan sa bahay ni Tobias palabas ng imbakan.
**9** Iniutos ko na gawin nilang dalisay ang mga imbakan,
at ibinalik ko sa loob ng mga ito ang mga kagamitan sa
tahanan ng Diyos, ang mga handog na pagkaing butil, at ang
insenso. **10** At nalaman ko na ang mga bahaging nakatakda
para sa mga Levita ay hindi naibigay sa kanila, kaya naman
mabilis nilang nilisan ang templo, ang bawat isa sa kani-
kaniyang bukid, tulad din ng ginawa ng mga mang-aawit.
**11** Kaya hinarap ko ang mga opisyales at sinabi, “Bakit
napabayaan ang bahay ng Diyos?” Tinipon ko sila at inilagay
sila sa kanilang mga puwesto. **12** Pagkatapos, dinala ng
buong Juda ang ikapu ng butil, ng bagong alak, at ng langis
sa mga imbakan. **13** Itinalaga ko bilang mga tagapag-ingat
yaman sa mga kamalig na imbakan si Selemias, ang pari, at
si Sadoc, ang eskriba, at mula sa mga Levita, si Pedaias.
Sunod sa kanila ay si Hanan na anak ni Zacur na anak ni
Matanias, dahil itinuring silang mapagkakatiwalaan. Ang
kanilang mga tungkulin ay ang ibigay ang mga panustos
sa kanilang mga kasamahan. **14** Alalahanin mo ako, aking
Diyos, tungkol dito, at huwag niyo ng burahin ang mga
ginawa kong magaganda para sa tahanan ng aking Diyos at
ang mga pakinabang nito. **15** Sa mga araw na iyon nakita
ko sa Juda ang mga taong umaapak sa mga pigaan ng
ubas sa Araw ng Pamamahinga at nagpapasok ng mga
tumpok ng butil at isinasakay ang mga ito sa mga asno,
at pati alak, mga ubas, mga igos, at lahat ng uri ng mga
mabibigat na pasanin, na dinala nila sa Jerusalem sa Araw
ng Pamamahinga. Tinutulan ko sila sa pagtitinda ng pagkain
sa araw na iyon. **16** Ang mga lalaking mula sa Tiro na
nakatira sa Jerusalem ay nagdala ng mga isda at lahat ng
uri ng mga kalakal, at itininda nila ang mga iyon sa Araw ng
Pamamahinga sa mga mamamayan ng Juda at sa lungsod!
**17** Kaya hinarap ko ang mga pinuno ng Juda, “Ano itong
masamang bagay na inyong ginagawa, nilalapastangan
ninyo ang Araw ng Pamamahinga? **18** Hindi ba ito ang
ginawa ng inyong mga ama? At hindi ba nagdala ang ating
Diyos ng lahat ng kasamaang ito sa atin at sa lungsod na
ito? Ngayon nagdadala kayo ng mas higit pang poot sa
Israel dahil sa paglalapastangan ng Araw ng Pamamahinga.”
**19** Nang dumilim na sa mga tarangkahan ng Jerusalem bago
ang Araw ng Pamamahinga, iniutos ko na ang mga pinto
ay isara at hindi dapat buksan ang mga ito hanggang sa
matapos ang Araw ng Pamamahinga. Inilagay ko ang ilan sa
aking mga lingkod sa mga tarangkahan para walang kargada
ang maipasok sa Araw ng Pamamahinga. **20** Ang mga
mangangalakal at tagapagtinda ng lahat ng uri ng paninda
ay nanatili sa labas ng Jerusalem ng isa o dalawang beses.
**21** Pero binalaan ko sila, “Bakit kayo nananatili sa labas ng
pader? Kung uulitin niyo iyan, pagbubuhatan ko kayo ng
kamay!” Mula nang panahong iyon hindi na sila pumunta sa
Araw ng Pamamahinga. **22** At inutusan ko ang mga Levita
na gawing dalisay ang kanilang mga sarili, at lumapit at
bantayan ang mga tarangkahan, para gawing banal ang
Araw ng Pamamahinga. Alalahanin mo rin ako dahil dito,
aking Diyos, at kaawaan mo ako dahil sa katapatan ng
pangako mo na mayroon ka para sa akin. **23** Sa mga araw
na iyon nakita ko rin ang mga Judio na nag-asawa ng mga
babae mula sa Asdod, Ammon, at Moab. **24** Kalahati sa
kanilang mga anak ang nakakapagsalita ng wika ng Asdod,
pero hindi sila makapagsalita ng wika ng Juda, liban sa
isang wika ng ibang mga bansa. **25** Kaya hinarap ko sila, at
isinumpa, at sinaktan ko ang iba sa kanila at sinabunutan ko
sila. Pinasumpa ko sila sa Diyos, na nagsasabing, “Hindi
niyo dapat ibigay ang inyong mga anak na babae sa kanilang
mga anak na lalaki, o kunin ang kanilang mga anak na babae
para sa inyong mga anak na lalaki, o para sa inyong mga
sarili. **26** Hindi ba si Solomon na hari ng Israel ay nagkasala
nang dahil sa mga babaeng ito? Sa maraming mga bansa
walang haring tulad niya, at siya ay minahal ng kaniyang

Diyos. At ginawa siya ng Diyos na hari ng buong Israel.
Gayunpaman, ang kaniyang mga dayuhang asawa ang
nagtulak sa kaniyang magkasala. **27** Dapat nga ba kaming
makinig sa inyo at gawin ang lahat ng malaking kasamaang
ito, at kumilos ng may pagtataksil laban sa ating Diyos sa
pamamagitan ng pag-aasawa ng mga dayuhang babae?" **28**
Isa sa mga anak ni Joiada anak ni Eliasib na punong pari ay
manugang na lalaki ni Sanbalat ang Horonita. Kaya, inalis
ko siya sa aking presensya. **29** Alalahanin mo ang mga ito,
aking Diyos, dahil sa nilapastangan nila ang kaparian, at
ang tipan ng kaparian at ang mga Levita. **30** Kaya nilinis ko
sila mula sa lahat ng dayuhan, at itinatag ang mga tungkulin
ng mga pari at ng mga Levita, bawat isa sa kani-kanyang
mga tungkulin. **31** Naglaan ako para sa handog ng mga
kahoy sa itinakdang mga oras at para sa mga unang bunga.
Alalahanin niyo ako, aking Diyos, magpakailanman.

# Ester

1 Sa mga araw ni Assuero (ito ang Assuero na naghari
mula India hanggang sa Ethiopia, mahigit 127 lalawigan),
2 sa mga araw na iyon naupo si Haring Assuero sa kanyang
maharlikang trono sa kuta ng Susa. 3 Sa ikatlong taon
ng kanyang paghahari, nagbigay siya ng isang pista sa
lahat ng kanyang mga opisyal at kanyang mga lingkod.
Ang hukbo ng Persia at Media, ang magigiting na mga
lalaki, ang mga gobernador ng mga lalawigan ay nasa
kanyang harapan. 4 Ipinakita niya ang yaman ng karangyaan
ng kanyang kaharian at ang dangal ng kaluwalhatian ng
kanyang kadakilaan nang maraming araw, sa loob ng 180
araw. 5 Nang natapos ang mga araw na ito, nagbigay ang
hari ng pista na tumagal ng pitong araw. Ito ay para sa
lahat ng tao sa palasyo ng Susa, mula sa pinakadakila
hanggang sa pinakahamak. Idinaos ito sa bulwagan ng
hardin ng palasyo ng hari. 6 Ang bulwagan ng hardin ay
pinalamutian ng mga kurtina na kulay puti ang tela at kulay-
ube, na may mga tali ng pinong lino at kulay-ube, ibinitin
sa sabitang pilak mula sa mga haliging marmol. May mga
sopang ginto at pilak na nasa bangketang may dibuhong
palamuti na yari sa batong kristal, marmol, ina ng perlas, at
mga batong panlatag na may kulay. 7 Ang mga inumin ay
inihain sa mga gintong tasa. Di-pangkaraniwan ang bawat
tasa, at maraming maharlikang alak na dumating dahil sa
pagiging mapagbigay ng hari. 8 Ang inuman ay isinagawa
alinsunod sa kautusang, “Dapat walang pilitan.” Nagbigay
ng mga utos ang hari sa lahat ng mga tauhan ng kanyang
palasyo na gawin para sa kanila ang anumang naisin ng
bawat panauhin. 9 Pati si Reyna Vashti ay nagbigay ng pista
para sa mga kababihan sa maharlikang palasyo ni Haring
Assuero. 10 Sa ika-pitong araw, nang ang puso ng hari ay
nasisiyahan dahil sa alak, sinabihan niya sina Memuhan,
Biztha, Harbona, Bigtha, Abagtha, Zethar at Carcas (ang
pitong opisyal na naglilingkod sa harap niya), 11 na dalahin
si Reyna Vashti sa harap niya dala ang kanyang maharlikang
korona. Gusto niyang ipakita sa mga tao at mga opisyal
ang kanyang kagandahan, sapagkat ang mga katangian
niya ay napakaganda. 12 Ngunit tumangging sumunod si
Reyna Vashti sa salita ng hari na ipinadala sa kanya ng mga
opisyal. Pagkatapos labis na nagalit ang hari; nag-alab ang
matinding galit sa kalooban niya. 13 Kaya sumangguni ang
hari sa mga lalaking kilalang matalino, na nakakaintindi sa
mga panahon (dahil ito ang pamamaraan ng hari sa lahat ng
mga bihasa sa batas at paghahatol). 14 Ngayon ang mga
taong malapit sa kanya ay sina Carshena, Shethar, Admatha,
Tarshish, Meres, Marsena at Memucan, pitong prinsipe ng
Persia at Media. May paraan sila ng paglapit sa hari, at may
pinakamataas na mga katungkulan sa loob ng kaharian. 15
“Alinsunod sa batas, ano ang gagawin kay Reyna Vashti
dahil hindi niya sinunod ang utos ni Haring Assuero, na
dinala sa kanya ng mga opisyal?” 16 Sinabi ni Memucan sa
harap ng hari at ng mga opisyal, “Hindi lamang laban sa
Hari nakagawa ng mali si Reyna Vashti, kundi pati na rin sa
lahat ng mga opisyal at lahat ng taong nasa loob ng lahat ng
lalawigan ni Haring Assuero. 17 Dahil ang paksa ng reyna ay
malalaman ng lahat ng kababaihan. Magdudulot ito sa kanila
na ituring nang may paghamak ang kanilang mga asawa.
Sasabihin nilang, 'Inutusan ni Haring Assuero si Vashti ang
reyna na pumunta sa kanyang harapan, ngunit tumanggi
siya.' 18 Bago pa matapos ang mismong araw na ito ang
mararangal na mga babae ng Persia at Media na nakarinig
sa paksa ng reyna ay magsasabi ng parehong bagay sa
lahat ng mga opisyal ng hari. Magkakaroon ng matinding
paghamak at galit. 19 Kung ito ay makalulugod sa hari,
hayaang isang maharlikang kautusan ang palabasin mula
sa kanya, at hayaan itong maisulat sa mga batas ng mga
Persiano at ng mga Medeo, na hindi na maaaring pawalang-
bisa, upang si Vashti ay hindi na muling makapunta sa harap
niya. Hayaan ang hari na ibigay ang kanyang kalagayan
bilang reyna sa ibang higit na mabuti kaysa kanya. 20 Nang
maihayag na ang utos ng hari sa lahat ng kabuuang lawak
ng kaharian, lahat ng asawa ay pararangalan ang kanilang
mga asawa, mula sa pinakadakila hanggang sa pinakamaliit
ang kahalagahan.” 21 Ang hari at kanyang mga marangal na
kalalakihan ay nasiyahan sa kanyang payo, at ginawa ng
hari ang panukala ni Memucan. 22 Nagpadala siya ng mga
liham sa lahat ng maharlikang lalawigan, sa bawat lalawigan
sa sarili nitong pagsulat, at sa bawat tao sa kanilang sariling
wika. Iniutos niya na ang bawat lalaki ay dapat maging amo
ng kanyang sariling sambahayan. Ang utos na ito ay ibinigay
sa wika ng bawat tao sa imperyo.

2 Pagkatapos ng mga bagay na ito, nang humupa ang
galit ni Haring Assuero, naisip niya si Vashti at kung ano
ang ginawa niya. Inisip din niya ang tungkol sa kautusang
ginawa niya laban kay Vashti. 2 Pagkatapos ay sinabi ng
mga binatang tauhan ng Hari na naglilingkod sa kanya,
“Hayaang magsagawa ng paghahanap sa ngalan ng hari
para sa mga magagandang dalagang birhen 3 Hayaang
humirang ang hari ng mga opisyal sa lahat ng mga lalawigan
ng kanyang kaharian, upang pagsama-samahin ang lahat ng
magagandang mga dalagang birhen sa harem sa palasyo
ng Susa. Hayaan silang mailagay sa ilalim ng pangangalaga
ni Hegai, ang opisyal ng hari, na siyang namamahala sa
mga babae, at hayaang ibigay niya ang kanilang mga
pampaganda. 4 Hayaan ang sinumang dalagang babaeng
makalugod sa hari na maging reyna kapalit ni Vashti.”

Naibigan ng hari ang payong ito at ginawa niya ito. 5
Mayroong isang Judio na nakatira sa siyudad ng Susa na
nagngangalang Mordecai, anak na lalaki ni Jair na apo ni
Simei na anak na lalaki ni Kis na lipi ni Benjamin. 6 Kinuha
siya palayo mula sa Jerusalem kasama ng mga tinapon pati
na mga dinakip na kasama ni Jehoiakin, hari ng Juda, na
tinangay ni Nebuchadezzar na hari ng Babilonia. 7 Siya
ang nag-aalaga kay Hadasa, iyon ay, si Esther, ang anak
na babae ng kanyang tiyo, sapagkat wala na siyang ama
o ina. Ang dalaga ay may magandang hugis at kaibig-ibig
ang panlabas na anyo. Inaruga siya ni Mordecai na parang
sariling anak. 8 Nang pinahayag ang utos at batas ng hari,
maraming dalaga ang dinala sa palasyo ng Susa. Sila ay
inilagay sa ilalim ng pangangalaga ni Hegai. Dinala rin si
Esther papuntang palasyo ng hari at inilagay sa ilalim ng
pangangalaga ni Hegai, ang siyang tagapangasiwa sa mga
dalaga. 9 Ang dalaga ay nakapag-bigay lugod sa kanya,
at nakuha niya ang pabor nito. Agad niya itong binigyan
ng mga pampaganda at bahagi ng pagkain niya. Itinalaga
niya sa kanya ang pitong aliping babae mula sa palasyo
ng hari, at siya at mga aliping babae ay inilipat niya sa
pinakamagandang lugar sa bahay ng mga kababaihan.
10 Walang sinumang sinabihan si Esther kung sino ang
kanyang lahi o mga kamag-anak, sapagkat sinabihan siya ni
Mordecai na huwag sabihin. 11 Araw-araw naglalakad si
Mordecai papunta at pabalik sa harapan ng patyo sa labas
ng bahay ng mga kababaihan, upang malaman ang tungkol
sa kapakanan ni Esther, at tungkol sa kung ano ang gagawin
sa kanya. 12 Nang dumating ang pagkakataon para sa bawat
dalaga upang pumunta kay Haring Assuero—sa pagsunod
ng mga alintuntunin para sa mga babae, ang bawat babae
ay kinakailangang tapusin ang labindalawang buwan ng
pagpapaganda, anim na buwan na may langis ng mira, at
anim na may pabango at pampaganda — 13 Kapag ang
dalaga ay pumunta sa hari, anuman ang kagustuhan nito ay
ibinibigay sa kanya mula sa bahay ng mga kababaihan, para
madala niya sa palasyo. 14 Sa gabi siya ay papasok, at sa
umaga siya ay babalik sa ikalawang tahanan ng mga babae,
at sa pangangalaga ni Saasgaz, ang opisyal ng hari, na
siyang namamahala sa ibang mga asawa. Hindi na siya
muling makakabalik sa hari maliban na lamang kung siya ay
malugod sa kanya at ipatawag siyang muli. 15 Ngayon nang
dumating ang panahon para kay Esther (anak na babae ni
Abihail, ang tiyo ni Mordecai, na siyang kumuha sa kanya
bilang sariling anak) na pumunta sa hari, hindi siya humingi
ng anumang bagay subalit kung ano ang iminungkahi ni
Hegai na namamahala sa mga babae. Ngayon naibigan
si Esther ng sinumang makakita sa kanya. 16 Dinala si
Esther kay Haring Asssuero sa maharlikang tirahan sa ika-
sampung buwan, ang buwan ng Tebeth, sa ikapitong taon
ng kanyang pamumuno. 17 Higit na minamahal ng hari
si Esther sa lahat ng mga babae, nakuha nito ang pabor
at kabaitan sa harapan niya, higit sa lahat ng ibang mga
birhen, kaya ipinatong niya ang maharlikang korona sa
ulo nito at ginawa siyang reyna sa halip na si Vasthi. 18
Nagbigay ang hari ng isang malaking handaan para sa lahat
ng mga opisyal at mga alipin niya, "Handaan ni Esther,"
at nagbigay siya ng kaluwagan mula sa pagbubuwis sa
mga lalawigan. Nagbigay rin siya ng mga regalo na may
pangmaharlikang pagkabukas-palad. 19 Nang tipunin ang
mga birhen sa ikalawang pagkakataon, si Mordecai ay naka-
upo sa tarangkahan ng Hari. 20 Hindi pa sinabi ni Esther ang
tungkol sa kanyang mga kamag-anak o kanyang lahi, tulad
ng tagubilin ni Mordecai sa kanya. Patuloy niyang sinunod
ang payo ni Mordecai tulad ng ginawa niya nang pinapalaki
siya nito. 21 Sa panahong iyon, habang si Mordecai ay
nakaupo sa tarangkahan ng hari, dalawa sa mga opisyal ng
hari na sina Bigtan at Teres, na nagbabantay sa daanan ng
pintuan, ay nagalit at naghanap ng paraan para gumawa ng
masama kay Haring Assuero. 22 Nang mapag-alaman ni
Mordecai ang bagay na ito, sinabihan niya si Reyna Esther,
at kinausap ni Esther ang hari sa ngalan ni Mordecai. 23 Ang
ulat ay siniyasat at napatunayan, kaya binitay ang dalawang
lalaki sa bitayan. Isinulat ang pangyayaring ito sa Aklat ng
mga Alaala sa presensya ng hari.

**3** Pagkatapos ng mga bagay na ito, itinaas ni Haring
Assuero ang tungkulin ni Haman na anak na lalaki ni
Hammedatha na Agageo, at inilagay ang sentro ng kanyang
kapangyarihan na mataas sa lahat ng opisyal na kasama
niya. 2 Lahat ng mga lingkod ng hari na nasa tarangkahan
ng hari ay palaging lumuluhod at nagpapatirapa kay Haman
tulad ng inutos ng hari na gawin nila. Ngunit si Mordecai ay
hindi lumuhod ni pinatirapa ang kanyang sarili. 3 Pagkatapos
ang mga lingkod ng hari na nasa tarangkahan ng hari ay
sinabihan si Mordecai, "Bakit mo sinusuway ang utos ng
hari?" 4 Kinausap nila siya araw-araw, ngunit tumanggi
siyang sundin ang kanilang kagustuhan. Kaya kinausap
nila si Haman upang alamin kung ang usapin tungkol kay
Mordecai ay mananatiling ganoon, sapagkat sinabi niya
na siya ay isang Judio. 5 Nang makita ni Haman na si
Mordecai ay hindi lumuhod at yumuko sa kanya, napuno
si Haman ng matinding galit. 6 May paghamak na inisip
niya ang pagpatay lamang kay Mordecai, sapagkat sinabi
ng mga lingkod ng hari kung sino ang lahi ni Mordecai.
Gustong lipulin ni Haman lahat ng mga Judio, ang lahi ni
Mordecai, na nasa buong kaharian ni Assuero. 7 Sa unang
buwan (iyon ay ang buwan ng Nisan), sa ikalabindalawang
taon ni Haring Assuero, nagtapon sila ng Pur—iyon ay,

nagpalabunutan sila—sa harapan ni Haman—palabunutan
sa bawat araw matapos ang araw at buwan, upang pumili ng
araw at buwan— hanggang mapili nila ang ikalabindalawang
buwan (ang buwan ng Adar). 8 Pagkatapos sinabi ni Haman
kay Haring Assuero, "May isang lahing nagkalat at nakatira
sa lahat ng lalawigan ng iyong kaharian. Ang kanilang mga
batas ay iba mula sa ibang mga tao, at hindi nila sinusunod
ang mga batas ng hari, kaya hindi nararapat para sa hari
na hayaan silang manatili. 9 Kung mamarapatin ng hari,
magbigay ng utos upang patayin sila, at maglalagay ako ng
sampung libong talentong pilak sa kamay ng namamahala
sa kalakalan ng hari, upang ilagay nila ito sa kabang-yaman
ng hari." 10 Pagkatapos ay hinubad ng hari ang panselyong
singsing sa kanyang kamay at ibinigay ito kay Haman na
anak na lalaki ni Hammedatha ng Agageo, ang kaaway ng
mga Judio. 11 Sinabi ng hari kay Haman, "Sisiguraduhin
kong maibalik ang pera sa iyo at sa iyong lahi. Magagawa
mo anuman ang iyong naisin para dito." 12 Pagkatapos ay
pinatawag ang mga manunulat ng hari sa ikalabintatlong
araw ng unang buwan, at isang utos na naglalaman ng lahat
ng iniutos ni Haman ang sinulat para sa mga panlalawigang
gobernador ng hari, iyong mga namumuno sa lahat ng
lalawigan, sa mga gobernador ng iba't-ibang mga lahi, at sa
lahat ng mga opisyal ng lahat ng tao, sa bawat lalawigan sa
sarili nilang pagsulat, at sa bawat tao sa sarili nilang wika.
Ito ay isinulat sa pangalan ni Haring Assuero at sinelyuhan
ng kanyang singsing. 13 Ang mga kasulatan ay inihatid sa
pamamagitan ng tagahatid ng liham sa lahat ng lalawigan ng
hari, upang lipulin, patayin, at wasakin ang lahat ng Judio,
mula bata hanggang matanda, mga bata at kababaihan, sa
isang araw—sa ikalabintatlong araw ng ikalabindalawang
buwan (ang buwan ng Adar) —at samsamin ang kanilang
mga ari-arian. 14 Ang kopya ng liham ay ginawang batas
sa bawat lalawigan. Sa bawat lalawigan ito ay ipinagbigay-
alam sa lahat ng mga tao na dapat silang maghahanda
para sa araw na ito. 15 Lumabas ang mga tagahatid at
nagmadaling ipinamahagi ang kautusan ng hari. Ang batas
ay ipinamahagi rin sa palasyo ng Susa. Ang hari at si Haman
ay umupo upang uminom, ngunit ang siyudad ng Susa ay
nasa kaguluhan.

**4** Nang malaman ni Mordecai ang lahat ng ginawa, pinunit
niya ang kanyang mga damit at isinuot ang telang
magaspang at mga abo. Lumabas siya sa gitna ng siyudad,
at umiyak ng isang malakas at mapait na iyak. 2 Pumunta
lamang siya hanggang sa tarangkahan ng hari, dahil
walang sinuman ang pinahihintulutang makadaan dito na
nakadamit ng telang magaspang. 3 Sa bawat lalawigan,
saan man nakarating ang utos at batas ng hari, mayroong
matinding pagluluksa ang mga Judio, may pag-aayuno,
iyakan, at taghuyan. Marami sa kanila ang nakahiga sa telang
magaspang at mga abo. 4 Nang ang mga kabataang babae
ni Esther at kanyang mga lingkod ay dumating at sinabihan
siya, ang reyna ay nagdalamhati. Nagpadala siya ng mga
damit upang damitan si Mordecai (para mahubad niya ang
kanyang telang magaspang), subalit ayaw niyang tanggapin
ang mga ito. 5 Pagkatapos pinatawag ni Esther si Hathach,
isa sa mga opisyal ng hari na naatasan para paglingkuran
siya. Inutusan niya ito na pumunta kay Mordecai para alamin
kung ano ang nangyari at ano ang ibig sabihin nito. 6 Kaya
nagpunta si Hathach kay Mordecai sa plasa ng siyudad sa
harap ng tarangkahan ng hari. 7 Iniulat ni Mordecai sa kanya
ang lahat ng nangyari sa kanya, at ang kabuuang halaga
ng pilak na pinangako ni Haman para timbangin at ilagay
sa pananalapi ng hari upang ipapatay ang mga Judio. 8
Binigyan niya rin siya ng kopya ng batas na nilathala sa Susa
para sa pagkawasak ng mga Judio. Ginawa niya ito upang
maipakita ito ni Hathach kay Esther, at mabigyan niya siya ng
pananagutan ng pagpunta sa hari para hingin ang kanyang
pabor, at magmakaawa sa kanya ngalan ng kanyang lahi. 9
Kaya pumunta si Hathach kay Esther at sinabi sa kanya
kung ano ang sinabi ni Mordecai. 10 Pagkatapos kinausap
ni Esther si Hathach at sinabi sa kanyang bumalik kay
Mordecai. 11 Sinabi niya, "Ang lahat ng mga lingkod ng
hari at mga tao sa mga lalawigan ng hari ay nakakaalam
na kung sinumang lalaki o babae ang pumunta sa hari sa
panloob na bulwagan nang hindi pinapatawag, mayroon
lamang isang batas: na siya ay dapat patayin—maliban
sa sinuman na iunat ng hari sa kaniya ang gintong setro
upang mabuhay siya. Hindi pa ako pinapatawag upang
pumunta sa hari sa tatlumpung araw na ito." 12 Kaya iniulat
ni Hathach ang sinabi ni Esther kay Mordecai. 13 Pinabalik
ni Mordecai ang mensaheng ito: "Hindi mo dapat isipin na
sa palasyo ng hari, makakatakas ka higit pa sa ibang mga
Judio. 14 Kung mananatili kang tahimik sa oras na ito, ang
pagsaklolo at pagliligtas ay darating para sa mga Judio mula
sa ibang lugar, subalit ikaw at ang sambahayan ng iyong
ama ay mamamatay. Sinong nakakaalam kung dumating ka
sa maharlikang kalagayan para sa panahong tulad nito?"
15 Pagkatapos pinadala ni Esther ang mensaheng ito kay
Mordecai, 16 "Pumunta ka, tipunin mo ang lahat ng mga
Judio na naninirahan sa Susa, at mag-ayuno kayo para sa
akin. Huwag kayong kumain o uminom ng tatlong araw, gabi
o araw. Ako at ang aking mga kabataang babae ay mag-
aayuno sa parehong paraan. Pagkatapos pupunta ako sa
hari, kahit na labag ito sa batas. At kung ako ay mamatay,
ako ay mamamatay." 17 Pumunta si Mordecai at ginawa ang
lahat ng sinabi ni Esther na kanyang gagawin.

5 Makalipas ng tatlong araw, isinuot ni Esther ang kanyang
damit pangreyna at nagtungo upang tumayo sa panloob
na patyo ng palasyo ng hari, sa tapat ng bahay ng hari.
Nakaupo ang hari sa kanyang trono sa loob ng palasyo,
paharap sa pasukan ng maharlikang tahanan. 2 Nang makita
ng hari si Reyna Esther na nakatayo sa patyo, nakasumpong
ito ng pabor sa kanyang paningin. Itinuro niya sa kanya
ang kanyang gintong setro na nasa kanyang kamay. Kaya
lumapit at hinawakan ni Esther ang dulo ng kanyang setro.
3 Pagkatapos sinabi ng hari sa kanya, "Ano ang nais mo,
Reyna Esther? Ano ang iyong kahilingan?" Ibibigay sa iyo
hanggang sa kalahati ng aking kaharian." 4 Sinabi ni Esther,
"Kung mamarapatin ng hari, hayaang dumalo ang hari at si
Haman sa handaang inihanda ko ngayon para sa kanya." 5
Pagkatapos sinabi ng hari "Dalhin agad si Haman, upang
gawin kung ano ang sinabi ni Esther." Kaya pumunta ang
hari at si Haman sa handaang inihanda ni Esther. 6 Nang
inihahain na ang alak sa handaan, sinabi ng hari kay Esther,
"Ano ang iyong kahilingan? Ipagkakaloob sa iyo. Ano ang
iyong pakiusap? Hanggang kalahati ng aking kaharian, ito ay
ipagkakaloob." 7 Sumagot si Esther, "Ito ang aking kahilingan
at pakiusap, 8 kung nakasumpong ako ng pabor sa paningin
ng hari at mamarapatin ng hari na ipagkaloob ang aking
kahilingan, at igalang ang aking pakiusap. Hayaan na ang
hari at si Haman ay dumalo sa ihahanda kong handaan
para sa inyo bukas, at sasagutin ko ang katanungan ng
hari." 9 Masayang lumabas si Haman nang araw na iyon
at may galak sa puso. Ngunit nang makita ni Haman si
Mordecai sa tarangkahan ng hari na hindi tumayo ni hindi
nanginig sa takot sa kanyang harapan, napuno siya ng
matinding galit laban kay Mordecai. 10 Gayunman, nagtimpi
si Haman sa kanyang sarili at umuwi sa kanyang sariling
bahay. Pinatawag niya ang kanyang mga kaibigan at tinipon
sila, kasama si Zeresh na kanyang asawa. 11 Ipinagmalaki
ni Haman sa kanila ang karangyaan ng kanyang kayamanan
at ang bilang ng kanyang maraming anak na lalaki, kung
paano siya sumulong angat sa lahat ng mga opisyal at
mga lingkod ng hari. 12 Sinabi ni Haman, "Kahit si Reyna
Esther ay walang ibang inimbita na pumunta maliban sa
akin kasama ng hari sa handaan na kanyang inihanda. Kahit
bukas muli niya akong inimbitahan kasama ang hari. 13
Ngunit lahat ng ito na aking nararanasan ay walang halaga
sa akin, hanggang sa nakikita ko si Mordecai na Judio na
nakaupo sa tarangkahan ng hari." 14 Kaya sinabi ni Zeresh
kay Haman na kanyang asawa at sa lahat ng kanyang
kaibigan, "Hayaan mo silang gumawa ng bitayang may taas
na limampung kubit. Sa umaga makipag-usap ka sa hari
na ibitay nila roon si Mordecai. Pagkatapos pumunta kang
masaya kasama ng hari sa handaan. Naging kasiya-siya ito
kay Haman, at nagpagawa siya ng bitayan.

6 Nang gabing iyon hindi makatulog ang hari. Inutusan niya
ang kanyang mga lingkod na dalhin ang mga talaan ng
mga pangyayari sa kanyang paghahari, at ito ay basahin
nang malakas sa harap ng hari. 2 At natagpuang nakatala
roon na isinumbong ni Mordecai ang tungkol kina Bigthana
at Teres, dalawa sa mga opisyal ng hari na nagbabantay sa
pasukan, na siyang sinubukang saktan si Haring Assuero. 3
Nagtanong ang hari, "Anong karangalan at pagkilala ang
nagawa kay Mordecai sa paggawa nito?" Pagkatapos sinabi
ng kanyang mga kabataang lalaki, na lingkod niya, "Walang
anumang nagawa para sa kanya." 4 At sinabi ng hari,
"Sino ang nasa patyo?" Ngayon si Haman ay pumasok sa
panlabas na patyo ng bahay ng hari upang kausapin siya
tungkol sa pagbitay kay Mordecai sa bitayang inihanda
niya para sa kanya. 5 Sinabi ng mga lingkod ng hari sa
kanya, "Si Haman ay nakatayo sa patyo." Sinabi ng hari,
"Hayaan siyang pumasok." 6 Nang pumasok si Haman,
sinabi ng hari sa kanya, "Anong dapat gawin sa lalaki na
kinalulugdang parangalan ng hari?" Ngayon sinabi ni Haman
sa kanyang puso, "Sino ang kinalulugdang parangalan ng
hari na higit kaysa sa akin?" 7 Sinabi ni Haman sa hari, "Sa
lalaki na kinalulugdang parangalan ng hari, 8 hayaang dalhin
ang mga maharalikang balabal, mga balabal na isinuot ng
hari, at isang kabayong sinakyan ng hari at sa ulo nito
ay ang sagisag ng hari. 9 Pagkatapos payagang ibigay
ang mga balabal at ang kabayo sa isa sa pinakamarangal
na opisyal ng hari. Hayaan silang bihisan ang lalaking
kinalulugdang parangalan ng hari, at hayaang pasakayin siya
sa kabayong lilibot sa mga lansangan ng bayan. Hayaang
ipahayag nila sa harapan niya, 'Ganito ang ginagawa sa
kinalulugdang parangalan ng hari!'" 10 Pagkatapos sinabi ng
hari kay Haman, "Magmadali, kunin mo ang mga balabal
at ang kabayo, gaya ng iyong sinabi, at gawin mo iyon
kay Mordecai na Judio na nakaupo sa tarangkahan ng
hari. Huwag mabigo sa isa mang bagay na iyong sinabi."
11 Pagkatapos kinuha ni Haman ang mga balabal at ang
kabayo. Binihisan niya si Mordecai at pinasakay sa kabayo
patungo sa mga lansangan ng siyudad. Ipinahayag sa
unahan niya, "Ganito ang ginagawa sa tao na kinalulugdang
parangalan ng hari!" 12 Bumalik si Mordecai sa tarangkahan
ng hari. Ngunit nagmadali si Haman sa kanyang bahay,
nagluluksa, na may takip ang ulo. 13 Sinabi ni Haman kay
Zeres na kanyang asawa at sa lahat niyang mga kaibigan
ang lahat ng bagay na nangyari sa kanya. Pagkatapos
sinabi sa kanya ng kanyang mga kalalakihang kilala sa
kanilang karunungan, at Zeres na kanyang asawa, "Kapag si
Mordecai, ang tao na siyang nagsimula kang bumagsak,

ay Judio, hindi mo siya matatalo, ngunit ikaw ay tiyak na
babagsak sa harap niya. 14 Habang nakikipag-usap sila sa
kanya, dumating ang mga opisyal ng hari. Nagmadaling
dinala si Haman sa handaang inihanda ni Esther.

**7** Kaya pumunta ang hari at si Haman sa pista kasama
ni Reyna Esther. 2 Sa ikalawang araw na ito, habang
nagsisilbi sila ng alak, sinabi ng hari kay Esther, "Ano ang
iyong kahilingan, Reyna Esther? Ipagkakaloob ito sa iyo.
Ano ang iyong pakiusap? Hanggang sa kalahati ng kaharian,
ipagkakaloob ito." 3 Pagkatapos ay sumagot si Reyna Esther,
"Kung nakasumpong ako ng kagandahang loob sa iyong
mga mata, hari, at kung ito ay mamarapatin mo, hayaang
ibigay sa akin ang aking buhay—ito ang aking kahilingan,
at pakiusap ko rin ito para sa aking lahi. 4 Dahil kami ay
ipinagbili, ako at ang aking lahi, upang wasakin, patayin, at
lipulin. Kung kami ay ipinagbili lamang sa pagkaalipin, bilang
lalaki at babaing alipin, tatahimik na lang sana ako, sapagkat
walang kapighatiang tulad nito na magbigay-katarungan
para gagambalain ang hari." 5 Pagkatapos sinabi ni Haring
Assuero kay Esther na reyna, "Sino siya? Nasaan ang taong
pumuno sa kanyang puso na gumawa ng ganyang bagay?"
6 Sinabi ni Esther, "Ang taong napopoot, ang kaaway na
iyon, ay itong masamang si Haman!" Pagkatapos lubhang
nasindak si Haman sa harap ng Hari at ng reyna. 7 Tumayo
ang hari sa matinding galit mula sa pag-inom ng alak sa
kapistahan at pumunta sa hardin ng palasyo, ngunit naiwan
si Haman upang magmakaawa para sa kanyang buhay mula
kay Reyna Esther. Nakita niya na ang kapahamakan ay
pinagpapasyahan na ng hari laban sa kanya. 8 Pagkatapos
bumalik ang hari mula sa hardin ng palasyo patungo sa
silid kung saan isinilbi ang alak. Kababagsak lamang ni
Haman sa upuang kinaroroonan ni Esther. Sinabi ng hari,
"Pagsasamantalahan ba niya ang reyna sa aking harapan
sa sarili ko pang pamamahay?" Pagkalabas mismo ng mga
salitang ito mula sa bibig ng hari, tinakpan ng mga lingkod
ang mukha ni Haman. 9 Pagkatapos si Harbona, isa sa
mga opisyal na naglilingkod sa hari, ay nagsabing, "Isang
bitayang limampung kubit ang taas ang nakatayo sa tabi
ng bahay ni Haman. Itinayo niya ito para kay Mordecai,
ang nagsalita upang mapangalagaan ang hari." Sinabi ng
hari, "Bitayin siya roon." 10 Kaya binitay nila si Haman sa
bitayang kanyang inihanda para kay Mordecai. Pagkatapos
humupa ang matinding galit ng hari.

**8** Sa araw na iyon ibinigay ni Haring Assuero kay Reyna
Esther ang ari-arian ni Haman, na kaaway ng mga
Judio. At nagsimulang maglingkod si Mordecai sa hari, dahil
sinabihan ni Esther ang hari kung ano ang kaugnayan niya
sa kanya. 2 Kinuha ng hari ang panselyong singsing, na
binawi niya mula kay Haman, at ibinigay ito kay Mordecai.
Itinalaga ni Esther si Mordecai na maging tagapamahala ng
lahat ng ari-arian ni Haman. 3 Pagkatapos nakipag-usap muli
si Esther sa hari. Iniyuko niya ang kanyang mukha sa lupa
at umiyak habang nagmamakaawa sa kanya na tapusin na
ang masamang balak ni Haman na Agageo, ang pakanang
binuo niya laban sa mga Judio. 4 Pagkatapos itinuro ng hari
ang gintong setro kay Esther; bumangon at tumayo siya sa
harap ng hari. 5 Sinabi niya, "Kung mamarapatin ng hari,
at kung nakasumpong ako ng kagandahang-loob sa iyong
paningin, kung ang bagay ay parang wasto sa harap ng hari,
at ako ay kalugud-lugod sa iyong mga mata, hayaang isang
kautusan ang maisulat upang mapawalang-bisa ang mga
liham ni Haman na anak ni Hammedatha na Agageo, ang
mga liham na kanyang sinulat para wasakin ang mga Judio
na nasa lahat ng mga lalawigan ng hari. 6 Sapagkat paano
ko makakayang tingnan ang kapahamakang mangyayari sa
aking lahi? Paano ko matitiis na panoorin ang pagkalipol ng
aking mga kamag-anak? 7 Sinabi ni Haring Assuero kina
Esther at Mordecai na Judio, "Tingnan ninyo, ibinigay ko kay
Esther ang bahay ni Haman, at binitay nila si Haman sa
bitayan, dahil sasalakayin niya ang mga Judio. 8 Sumulat
ka ng iba pang kautusan para sa mga Judio sa pangalan
ng hari, at selyuhan ito sa pamamagitan ng singsing ng
hari. Sapagkat ang kautusang naisulat na sa pangalan ng
hari at naselyuhan sa pamamagitan ng singsing ng hari ay
hindi maaaring mapawalang-bisa." 9 Kaya pinatawag ang
mga manunulat ng hari sa oras na iyon, sa ikatlong buwan,
na buwan ng Sivan, sa ikadalawampu't tatlong araw ng
buwan. Isang kautusan ang isinulat na naglalaman ng lahat
ng iniuutos ni Mordecai na may kinalaman sa mga Judio.
Isinulat ito para sa mga panlalawigang gobernador, ang mga
gobernador at mga opisyal ng mga lalawigang matatagpuan
mula India hanggang Ethiopia, 127 na lalawigan, sa bawat
lalawigan ang liham ay isinulat sa kanilang sariling pagsulat,
at sa bawat lahi sa kanilang wika, at sa mga Judio sa kanilang
pagsulat at wika. 10 Sumulat si Mordecai sa pangalan ni
Haring Assuero at sinelyuhan ito ng panselyong singsing
ng hari. Pinadala ang mga kasulatan sa pamamagitan ng
mga tagahatid na nakasakay sa mabibilis na mga kabayo
na siyang ginagamit sa paglilingkod sa hari, pinarami mula
sa maharlikang palahiang hayop. 11 Pinahintulutan ng hari
ang mga Judio na nasa bawat siyudad na magtipun-tipon at
gumawa ng paninindigan upang pangalagaan ang kanilang
buhay; upang ubusin, patayin, at lipulin ang anumang
sandatahang lakas mula sa alinmang lahi o lalawigang
gustong sumalakay sa kanila, kasali ang mga bata at mga
kababaihan o dambungin ang kanilang mga ari-arian. 12
Ipapairal ito sa lahat ng lalawigan ni Haring Assuero, sa

ikalabintatlong araw ng ikalabindalawang buwan, na buwan
ng Adar. 13 Ang kopya ng utos ay ilalathala bilang batas at
ilalantad ito sa lahat ng tao. Ang mga Judio ay dapat handa
sa araw na iyon upang maghiganti sa kanilang mga kaaway.
14 Kaya sumakay ang mga tagahatid sa maharlikang mga
kabayong ginagamit para sa paglilingkod sa hari ang mga
tagahatid. Humayo sila nang walang antala. Ang kautusan ng
hari ay inilathala rin mula sa palasyo ng Susa. 15 Pagkatapos
umalis si Mordecai sa presensya ng hari na nakasuot ng
maharlikang damit na bughaw at puti, na may malaking
gintong korona at kulay-ubeng balabal ng pinong lino. At
sumigaw at nagsaya ang siyudad ng Susa. 16 Nagkaroon
ng kaliwanagan, kagalakan, kasiyahan, at karangalan ang
mga Judio. 17 Sa bawat lalawigan at sa bawat siyudad,
saanman makarating ang kautusan ng hari, may kagalakan
at kasiyahan ang mga Judio, isang pagdiriwang at isang
araw ng pangilin. Maraming naging Judio ang nagmula sa
ibat-ibang lahi ng mga tao, dahil ang takot ng mga Judio ay
bumagsak sa kanila.

9 Ngayon sa ikalabindalawang buwan, ang buwan ng
Adar, sa ikalabintatlong araw, nang ang batas ng hari at
ang kautusan ay malapit nang ipatupad, sa araw na ang
mga kaaway ng mga Judio ay umaasang makakuha ng
kapangyarihan sa ibabaw nila, ito ay nabaliktad. Ang mga
Judio ang nakakuha ng kapangyarihan sa ibabaw ng mga
galit sa kanila. 2 Nagpulong ang mga Judio sa kanilang mga
siyudad sa kabuuan ng lahat ng mga lalawigan ni Haring
Ahasuerus, upang pagbuhatan ng kamay ang mga sumubok
na magdala ng kapahamakan sa kanila. Wala ni isa ang
makapanindigan laban sa kanila, dahil ang takot sa kanila ay
bumagsak sa lahat ng mga lahi. 3 Lahat ng mga opisyal ng
mga lalawigan, ang mga panlalawigang gobernador, ang mga
gobernador, at ang mga tagapangasiwa ng hari, tumulong
sa mga Judio dahil sa takot kay Mordecai na bumagsak sa
kanila. 4 Dahil si Mordecai ay dakila sa bahay ng hari, at
ang kanyang kasikatan ay kumalat sa kabuuan ng lahat
ng mga lalawigan, dahil ang taong si Mordecai ay nagiging
dakila. 5 Sinalakay ng mga Judio ang kanilang mga kaaway
gamit ang espada, pinagpapatay at pinagwawasak sila, at
ginawa ang anumang naisin nila sa mga galit sa kanila. 6 Sa
mismong kuta ng Susa, pinatay at winasak ng mga Judio ang
limandaang kalalakihan. 7 Pinatay nila sina Parshandatha,
Dalphon, Aspatha, 8 Poratha, Adalia, Aridatha, 9 Parmashta,
Arisai, Aridai, Vaizatha, 10 at ang sampung anak na lalaki ni
Haman na anak na lalaki ni Hammedatha, ang kaaway ng
mga Judio. Ngunit hindi sila kumuha ng kahit anong nakaw.
11 Sa araw na iyon ang bilang ng namatay sa Susa, ang
pinatibay na siyudad, ay ibinalita sa hari. 12 Sinabi ng hari
kay Reyna Esther, “Pinatay ng mga Judio ang limandaang
lalaki sa siyudad ng Susa, kasama ang sampung anak na
lalaki ni Haman. Pagkatapos ano pa ang ginawa nila sa
mga natitirang lalawigan ng hari? Ngayon ano ang iyong
kahilingan? Ito ay ipagkakaloob sa iyo. Ano ang pakiusap
mo? Ito ay ipagkakaloob sa iyo.” 13 Sinabi ni Esther, “Kung
makalulugod ito sa Hari, hayaang ang mga Judio na nasa
Susa ay pahintulutang dalhin ang kautusan ng araw na ito
bukas din, at hayaang bitayin ang katawan ng mga anak na
lalaki ni Haman sa mga bitayan.” 14 Kaya iniutos ng hari
na ito ay gawin. Isang kautusan ang pinalabas sa Susa at
binitay nila ang sampung anak na lalaki ni Haman. 15 Ang
mga Judio na nasa Susa ay dumating na magkakasama
sa ikalabing-apat na araw ng buwan ng Adar, at pumatay
ng karagdagang tatlondaang lalaki sa Susa, ngunit walang
gumalaw sa mga nakaw. 16 Ang natirang mga Judio na nasa
mga lalawigan ng hari ay nagsama-sama upang ipagtanggol
ang kanilang mga buhay, at nagkaroon sila ng kaginhawaan
mula sa kanilang mga kaaway at pumatay ng pitumpu't-
limang libo sa mga namumuhi sa kanila, ngunit hindi nila
ginalaw ang mga mahahalagang bagay ng mga pinatay
nila. 17 Sa ikalabintatlong araw ng buwan ng Adar, sa
ikalabing-apat na araw, nagpahinga sila at gumawa ng
isang araw ng kapistahan at pagsasaya. 18 Ngunit ang
mga Judio na nasa Susa ay magkakasamang nagtipon sa
ikalabintatlo at ikalabing-apat na araw. Sa ikalabinlimang
araw nagpahinga sila at ginawa nila itong isang araw ng
kapistahan at pagsasaya. 19 Iyan ang dahilan kung bakit
ang mga Judio ng mga nayon, na gumagawa ng kanilang
mga tahanan sa mga bayang bukirin, ay ipinagdiriwang
ang ikalabing-apat na araw sa buwan ng Adar bilang isang
araw ng pagsasaya at kapistahan, at bilang isang araw
kung saan nagpapadala sila ng mga regalong pagakain sa
isa't-isa. 20 Itinala ni Mordecai ang mga bagay na ito at
nagpadala ng mga liham sa lahat ng mga Judio na nasa
lahat ng mga lalawigan ni Haring Ahasueros, kapwa malapit
at malayo, 21 pinipilit silang tandaan ang ikalabing-apat at
ikalabinlimang araw ng Adar bawat taon. 22 Ito ang mga
araw na nakakuha ng kaginhawaan ang mga Judio mula
sa kanilang mga kaaway, at ang panahon kung kailan ang
kanilang pighati ay napalitan ng kagalakan, at mula sa
pagluluksa naging isang araw ng pangilin. Gagawin nila
ang mga iyon na araw ng kapistahan at pagsasaya, at ng
pagpapadala ng mga regalong pagkain sa isa't-isa at mga
regalo para sa mahirap. 23 Kaya nagpatuloy ang mga Judio
sa pagdiriwang ng kanilang nasimulan, paggawa sa kung
ano ang isinulat ni Mordecai sa kanila. 24 At sa panahong
iyon si Haman na anak na lalaki ni Hammedatha na Agageo,
ang kaaway ng lahat ng mga Judio, ay nagpakana laban sa
mga Judio para lipulin sila at nagtapon siya ng Pur (iyon

ay, nagpalabunutan), upang durugin at wasakin sila. **25**
Ngunit nang dumating iyon sa harapan ng Hari, nagbigay
siya ng mga kautusan sa pamamagitan ng mga liham na
ang masamang balak ni Haman na kanyang binuo laban
sa mga Judio ay dapat ibalik sa kanyang sariling ulo at
siya at ang kanyang mga anak na lalaki ay dapat bitayin
sa bitayan. **26** Kaya tinawag nila ang mga araw na ito na
Purim, sunod sa pangalan ng Pur. Dahil sa lahat ng bagay
na naitala sa liham na ito at lahat ng bagay na kanilang
nakita at nangyari sa kanila, **27** tinanggap ng mga Judio
ang isang bagong kaugalian at tungkulin. Itong kaugalian ay
para sa kanilang mga sarili, kanilang mga kaapu-apuhan,
at bawat isang sasama sa kanila. Ipagdiriwang nila ang
dalawang araw na ito bawat taon. Ipagdiriwang nila sa tiyak
na paraan at sa parehong panahon bawat taon. **28** Itong
mga araw ay ipagdiriwang at tatandaan ng bawat salinlahi,
bawat pamilya, bawat lalawigan at bawat siyudad. Itong
mga Judio at kanilang mga kaapu-apuhan ay hindi hihinto
sa matapat na pagdiriwang ng mga araw na ito ng Purim,
upang hindi nila makalimutan. **29** Si Reyna Esther na anak
ni Abihail at Mordecai na Judio, sumulat na may ganap
na kapangyahiran at pinatunayan ang pangalawang liham
na ito patungkol sa Purim. **30** Ipinadala ang mga liham sa
lahat ng mga Judio sa 127 na mga lalawigan ng kaharian
ni Ahasuerus, ninanais ang kaligtasan at katotohanan ng
mga Judio. **31** Ang mga liham na ito ay nagpatunay sa mga
araw ng Purim sa kanilang mga itinakdang panahon, ayon
sa ibinilin sa mga Judio ni Mordecai na Judio at Reyna
Esther. Tinanggap ng mga Judio ang tungkuling ito para sa
kanilang mga sarili at sa kanilang mga kapu-apuhan, katulad
din ng pagtanggap nila sa mga panahon ng pag-aayuno
at pagdaing. **32** Ang utos ni Esther ay pinagtibay ang mga
alituntuning ito hinggil sa Purim, at nakasulat ito sa aklat.

**10** Pagkatapos nagpataw ng isang buwis sa lupain
at sa mga lupang baybayin sa tabing-dagat si
Haring Ahasueros. **2** Lahat ng mga nagawa ng kanyang
kapangyarihan at kalakasan, kasama ang buong kasaysayan
ng kadakilaan ni Mordecai kung saan inangatan siya ng
hari, nakasulat ang mga iyon sa Aklat ng mga Alaala ng
mga Hari ng Media at Persia. **3** Si Mordecai na Judio ay
pangalawa sa antas kay Haring Ahasueros. Siya ay dakila
sa gitna ng mga Judio at tanyag sa kanyang maraming
kapatid na Judio, sapagkat hinahangad niya ang kapakanan
ng kanyang lahi, at siya ay nagsalita para sa kapayapaan ng
lahat ng kanyang lahi.

# Job

**1** May isang lalaki sa lupain ng Uz na ang pangalan ay Job; walang maipipintas kay Job at siya ay matuwid, may takot siya sa Diyos at tumatalikod sa anumang kasamaan. **2** Binigyan siya ng pitong anak na lalaki at tatlong anak na babae. **3** May pag-aari siyang pitong libong mga tupa, tatlong libong kamelyo, limang daang pares ng mga baka, at limang daang mga asno at napakaraming mga lingkod. Ang lalaking ito ang pinaka-dakila sa lahat ng tao sa Silangan. **4** Sa bawat araw na may kani-kaniyang pagdiriwang ang mga anak na lalaki, ipinapatawag nila ang kanilang tatlong kapatid na babae para kumain at uminom kasama nila. **5** Pagkatapos ng mga araw ng pista, sila ay ipinapatawag at muli silang itatalaga ni Job sa Diyos. Babangon siya nang maagang-maaga at mag-aalay ng sinunog na handog para sa bawat kaniyang mga anak, dahil iniisip niya na, “Marahil nagkasala ang aking mga anak at isinumpa ang Diyos sa kanilang mga puso.” Ito ay laging ginagawa ni Job. **6** At dumating naman ang isang araw para humarap ang mga anak ng Diyos kay Yahweh, at si Satanas ay dumalo kasama nila. **7** Ang tanong ni Yahweh kay Satanas, “Saan ka naman nanggaling?” Sumagot si Satanas kay Yahweh, “Galing ako sa isang paglalakad-lakad sa mundo, nagpabalik-balik ako rito.” **8** Nagtanong muli si Yahweh, “Ano naman ang masasabi mo sa lingkod kong si Job? Dahil wala siyang katulad sa mundong ito, walang maipipintas at tapat na tao, may takot sa Diyos at tumatalikod sa lahat ng kasamaan.” **9** Saka sumagot si Satanas kay Yahweh, “Basta na lang ba magkakaroon ng takot sa iyo si Job nang walang kadahilanan?” **10** Hindi ka ba gumawa ng bakod sa kaniyang paligid, sa paligid ng kaniyang bahay, at sa lahat ng kaniyang mga pag-aari? Pinagpala mo ang kaniyang hanap-buhay at pinarami mo ang kaniyang kayamanan. **11** Pero iunat mo ang iyong kamay laban sa kaniyang mga pag-aari, at makikita mo na itatanggi ka niya sa iyong harapan. **12** Sinabi ni Yahweh sa kaniya, “Makinig ka, ang lahat ng kaniyang pag-aari ay hawakan mo, pero huwag mo siyang pagbubuhatan ng kamay.” Saka umalis si Satanas sa presensiya ni Yahweh. **13** Dumating ang isang araw habang nagkakainan at nag-iinuman ang kaniyang mga anak sa bahay ng kanilang panganay na kapatid, **14** isang mensahero ang pumunta kay Job at nagbalita, “Habang ang mga baka ay nag-aararo at ang mga asno ay nanginginain sa kanilang tabi; **15** lumusob ang mga Sabano at tinangay sila. Pinatay nga nila ang ibang mga lingkod gamit ang espada; ako lang ang nag-iisang nakatakas para ibalita sa iyo.” **16** Habang siya ay nagsasalita pa, dumating ang isa pang lingkod at nagbalita. “Umulan ng apoy ng Diyos mula sa langit at tinupok ang mga tupa kasama na ang mga lingkod; at ako lang ang tanging nakaligtas para sabihin sa iyo.” **17** Habang siya rin ay nagsasalita, may dumating pang isang lingkod at nagbalitang “Gumawa ng tatlong pangkat ang mga Caldea, nilusob ang mga kamelyo, at tinangay silang lahat. Totoo ito, at pinatay pa nila ang mga lingkod gamit ang espada, at ako lang ang nakaligtas para ibalita sa iyo.” **18** Habang siya ay nagsasalita dumating ang isa pa at nagbalitang, “Nagkakainan at nag-iinuman ng alak ang iyong mga anak sa bahay ng kanilang panganay na kapatid. **19** Isang malakas na hangin ang umihip mula sa disyerto at giniba ang apat na haligi ng bahay, nadaganan nito ang mga kabataan, at namatay silang lahat, at ako na lang ang nakatakas para sabihin ito sa iyo.” **20** Napatayo si Job, pinunit ang kaniyang damit, inahit ang kaniyang buhok, nagpatirapa sa lupa at sinamba ang Diyos.” **21** Sabi niya, “Hubad akong lumabas sa sinapupunan ng aking ina, hubad din akong babalik doon. Si Yahweh ang nagbigay, si Yahweh rin ang babawi; ang pangalan nawa ng Diyos ang mapapurihan.” **22** Sa lahat ng mga pangyayaring ito, hindi nagkasala si Job at hindi siya naging hangal para akusahan ang Diyos.

**2** Muling dumating ang araw para humarap kay Yahweh ang mga anak ng Diyos, pumunta rin si Satanas para iharap ang kaniyang sarili kay Yahweh. **2** Tinanong ni Yahweh si Satanas, “Saan ka naman nanggaling ngayon?” Sumagot si Satanas, “Galing ako sa paglalakad sa lupa nang pabalik-balik.” **3** Nagtanong muli si Yahweh kay Satanas, “Ano naman ang masasabi mo sa lingkod kong si Job? Sapagkat wala siyang katulad sa mundong ito, walang maipipintas at tapat na tao, may takot sa Diyos at tumatalikod sa lahat ng kasamaan. Nananatili pa rin siya sa kaniyang integridad kahit na pinilit mo akong gumawa ng laban sa kaniya, para sirain siya nang walang dahilan.” **4** Sumagot si Satanas kay Yahweh at sinabing, “Balat sa balat naman; kayang ibigay ng tao ang lahat-lahat ng pag-aari niya para lamang siya mabuhay. **5** Pero subukan mong iunat ang iyong kamay at galawin ang kaniyang mga buto at katawan, tingnan mo kung hindi ka niya isumpa nang harapan.” **6** Sinabi ni Yahweh kay Satanas, “Sige, siya ay nasa iyong mga kamay, pero huwag mo lang siyang babawian ng buhay.” **7** Kaya umalis si Satanas sa presensiya ni Yahweh at nilagyan ng mga malubhang pigsa si Job mula sa kaniyang talampakan hanggang sa bumbunan. **8** Pumulot si Job ng isang piraso ng basag na palayok para kayurin ang sarili gamit nito, saka siya umupo sa ibabaw ng mga abo. **9** Saka sinabi sa kaniya ng kaniyang asawa, “Panghahawakan mo pa rin ba ang iyong integridad? Isumpa mo na ang Diyos at mamatay ka na.” **10** Pero sinabi niya sa kaniyang asawa,

“Kung makapagsalita ka parang wala kang isip, hindi mo ba
naisip na hindi lang kabutihan ang maaari nating maranasan
sa kamay ng Diyos at maaari rin tayong makaranas ng
masama?” Sa lahat ng pangyayaring ito, hindi nagkasala si
Job sa kaniyang mga labi. 11 Ngayon naman, nabalitaan ng
tatlong kaibigan ni Job ang lahat ng masamang nangyari sa
kaniya, nilisan nila ang kani-kanilang lugar para puntahan si
Job: Si Eliphaz na Temaneo, Bildad na Shuhita, at Zophar
na Naamita. Naglaan sila ng panahon para makidalamhati
sa kaniya at aliwin siya. 12 Nang tumanaw sila sa kalayuan,
hindi nila agad nakilala si Job, napahiyaw sila at humagulgol
sa iyak; pinunit ng bawat isa ang kani-kaniyang damit,
nagsaboy ng abo sa hangin at sa kanilang mga ulo. 13
Saka sila umupo sa tabi ni Job sa loob ng pitong araw at
pitong gabi, wala ni isa sa kanila ang nangahas magsalita sa
kaniya, dahil nakita nila ang sobrang hirap ni Job.

**3** Pagkatapos nito, binuksan ni Job ang kaniyang bibig
at isinumpa ang araw ng kapanganakan niya. 2 Sinabi
niya, 3 “Sana napuksa na lang ang araw na ipinanganak
ako, ang gabi na binalitang 'isang sanggol na lalaki ang
ipinanganak.' 4 Sana napuno na lang ng kadiliman ang
araw na iyon, huwag na sana itong maalala ng Diyos, o
kaya sikatan pa ito ng araw. 5 Sana angkinin na lang ito ng
kadiliman at ng anino ng kamatayan; balutan na lang ng
madilim na ulap at ang lahat na nagpapadilim sa umaga ay
gawing mas kalagim-lagim. 6 At sa gabing iyon, hayaan
na lang na makapal na kadiliman ang bumalot dito: huwag
na itong hayaan na magalak sa mga araw ng taon, huwag
na itong paabutin sa hustong bilang ng mga buwan. 7
Masdan mo, sana naging baog na lang ang gabing iyon, at
walang masayang tinig ang narinig. 8 Hayaan na lang na
isumpa ang araw na iyon ng mga marunong gumising sa
Leviatan. 9 Hayaan na ang mga bituin sa hating-gabi ay
magdilim. Hayaan na maghanap ng liwanag ang araw na
iyon pero walang matagpuan, o kaya ang mga talukap ng
mga mata ay huwag nang makakita ng bukang liwayway,
10 dahil hindi nito sinara ang pintuan ng sinapupunan ng
aking ina, ni itinago ang kaguluhan mula sa aking mga mata.
11 Bakit hindi pa ako namatay noong ako ay lumabas sa
sinapupunan? Bakit hindi ko pa isinuko ang aking espiritu
noong ako ay ipinagbubuntis pa lang ng aking ina? 12 Bakit
pa ako kinandong sa kaniyang mga tuhod? O tinanggap
ng kaniyang didbdib para ako ay makasuso? 13 Dapat
sana tahimik na akong nakahiga ngayon, nakatulog na
sana ako at namamahinga 14 kasama ng mga hari at taga-
payo sa lupa, na nagtayo ng mga puntod para sa kanilang
mga sarili na ngayon ay gumuho na. 15 O kaya naman ay
nakahiga na kasama ang mga prinsipe na minsan nang
nagkaroon ng maraming ginto, na pinuno ang kanilang mga
bahay ng pilak. 16 O kaya, patay na ako nang ipinanganak,
tulad ng mga sanggol na hindi na nasilayan ang liwanag.
17 Sa lugar na iyon, ang mga masasama ay wala nang
kaguluhan, at ang mga pagod ay nakakapagpahinga. 18 Na
kung saan ang mga bilanggo ay nagkakasundo, hindi na
nila maririnig ang boses ng mga tagapamahala sa kanila.
19 Ang mga karaniwan at mga tanyag na tao ay naroroon,
ang lingkod doon ay malaya mula sa kayang amo. 20 Bakit
pa ibinigay ang liwanag sa isang taong naghihirap, bakit
pa ibinigay ang buhay sa taong ang kaluluwa ay puno
ng pait; 21 ang taong gusto nang mamatay pero hindi
mamatay-matay, ang taong naghahanap ng kamatayan higit
pa sa paghahanap ng kayamanan? 22 Bakit pa ibinigay ang
liwanag sa isang taong lubos na masaya at nagagalak kung
hinahanap naman niya ay libingan? 23 Bakit ibinibigay ang
liwanag sa isang taong inililihim ang kaniyang pamamaraan,
isang tao kung saan naglagay ang Diyos ng mga bakod? 24
Dahil mas nangyayari ang aking hikbi kaysa kumain; ang
aking panaghoy ay ibinubuhos na parang tubig. 25 Dahil
ang bagay na kinatatakutan ko ay dumating na sa akin;
kung ano ang ikinatatakot ko ay narito na. 26 Wala akong
kaginhawaan, katahimikan at kapahingahan bagkus ang
dumating sa akin ay kabalisahan.

**4** Sumagot si Elifaz ang Temaneo at sinabing, 2 “Kung
sakaling may kumausap sa iyo, malulungkot ka ba? Pero
sino ba ang makakapigil sa kaniyang sarili para magsalita?
3 Tingnan mo nga naman, nagturo ka sa marami, pinalakas
mo ang mga nanghihinang kamay. 4 Inalalayan ng iyong
salita ang mga nahuhulog, at ang mga nanlalambot na tuhod
ay pinatigas mo. 5 Pero ngayong ikaw naman ang may
kaguluhan, nanghihina ka; ikaw ay dinapuan ng kaguluhan,
at ikaw ay naguluhan. 6 Hindi ba dapat ang takot mo sa
Diyos ang nagbibigay sa iyo ng lakas ng loob? Hindi ba ang
integridad mo sa iyong mga ginagawa ang nagbibigay sa iyo
ng pag-asa? 7 Parang awa mo na, isipin mo itong mabuti:
may inosente bang naghirap? O kaya may matuwid bang
pinalayas? 8 Ayon sa aking natunghayan, siyang nagbungkal
ng kasalanan, at nagtanim ng kaguluhan, ay umani rin nito.
9 Sila ay mamamatay sa pamamagitan ng hininga ng Diyos;
sa pagsabog ng kaniyang galit sila ay matutupok. 10 Ang
atungal ng mga leon, ang tinig ng mabangis na leon, maging
ang pangil ng mga batang leon—ang lahat ay nabasag. 11
Ang matandang leon ay namatay dahil sa kawalan ng mga
biktima; ang mga batang leon ng inahin ay nagkalat saan
mang lugar. 12 Subalit ngayon, may lihim na dumating sa
akin, may bumulong sa aking tainga tungkol dito. 13 Sa mga
kahulugan ng mga pangitain sa gabi, habang ang mga tao
ay natutulog nang mahimbing. 14 Matinding takot ang siyang
lumukob sa akin, at sa aking mga buto ay nanginig. 15

Pagkatapos isang espiritu ang dumaan sa aking harapan, at
ang mga balahibo ko ay nagsipagtayuan. **16** Ang espiritu ay
tumigil at tumayo, pero di ko maaninag ang kaniyang anyo.
Isang anyo ang nasa aking harapan, tahimik ang paligid at
may bigla akong narinig, **17** "Ang isang mortal na tao ba
ay mas matuwid kaysa sa Diyos? Mas dalisay ba ang tao
kaysa sa kaniyang Manlilikha? **18** Tingnan mo, kung hindi
pinagkakatiwalaan ng Diyos ang kaniyang mga lingkod, at
pinaparatangan ang kaniyang mga anghel nang kahangalan,
**19** ano pa kaya silang mga nakatira sa mga bahay na gawa
sa putik, at ang mga pundasyon ay nasa buhangin, na
mas marupok sa mga kulisap na madaling durugin? **20** Sa
pagitan ng umaga at gabi sila ay winasak; naglaho na sila
magpakailanman nang walang nakakapansin sa kanila. **21**
Hindi ba nabunot ang tali ng kanilang mga tolda? Namatay
sila, namatay sila nang walang karunungan.

**5** Manawagan ka na ngayon, mayroon bang makikinig sa
iyo? Sino sa mga banal ang malalapitan mo? **2** Dahil
papatayin ng galit ang isang hangal, papatayin ng selos ang
walang isip. **3** Nakakita na ako ng isang hangal na lumalalim
na ang ugat, pero bigla kong sinumpa ang kaniyang tahanan.
**4** Ang kaniyang mga anak ay malayo sa kaligtasan; naipit
sila sa mga tarangkahan ng lungsod. Wala kahit isa ang
magliligtas sa kanila — **5** ang ani nila ay kinain ng mga
nagugutom, ng mga taong kumukuha nito mula sa mga
matinik na lugar; ang mga kayamanan nila ay sinimot ng
mga taong nauuhaw dito. **6** Sapagkat ang mga paghihirap
ay hindi tumutubo mula sa lupa; kahit ang kaguluhan ay
hindi umuusbong mula sa lupa; **7** Pero gumagawa ang
sangkatuhan ng sarili niyang kaguluhan, gaya ng mga apoy
na lumilipad paitaas. **8** Pero ako, sa Diyos ako lalapit,
ipagkakatiwala ko sa Diyos ang aking kalagayan — **9** siya
na gumagawa ng mga dakila at makabuluhang mga bagay,
mga kamangha-manghang bagay na hindi na mabilang. **10**
Nagbibigay siya ng ulan sa lupa, at nagpapadala ng tubig
sa mga taniman. **11** Ginawa niya ito para itaas ang mga
mabababa; para ilikas ang mga taong nagdadalamhati sa
mga abo. **12** Binibigo niya ang mga balak ng mga tuso,
para hindi makamit ang mga binalak nila. **13** Binibitag
niya ang mga matatalino sa kanilang katusuhan; ang mga
plano ng matatalino ay matatapos din. **14** Nagpupulong
sila sa dilim tuwing umaga, at nangangapa sa tanghali
na tulad nang sa gabi. **15** Pero inililigtas niya ang mga
mahihirap mula sa mga espada na nasa kanilang mga bibig,
at ang mga nangangailangan mula sa mga mayayaman.
**16** Kaya may pag-asa ang mahihirap, at ang kawalan ng
katarungan ay itinitikom ang kaniyang sariling bibig. **17**
Tingnan mo, masaya ang taong tinutuwid ng Diyos; kaya
huwag mong kamuhian ang pagtutuwid ng Makapangyarihan.
**18** Dahil siya ay sumusugat at tumatapal, sumusugat siya
at siya rin ang gumagamot. **19** Ililigtas ka niya sa anim na
kaguluhan; lalo na, sa pitong kaguluhan, walang anumang
masama ang makagagalaw sa iyo. **20** Sa tag-gutom ikaw ay
kaniyang ililigtas mula sa kamatayan; sa digmaan mula sa
kapangyarihan ng espada. **21** Ikukublli ka mula sa latay ng
mga dila; at hindi ka matatakot kapag ang pagkawasak ay
dumating. **22** Tatawanan mo ang pagkawasak at tag-gutom,
at hindi ka matatakot sa mga mababangis na hayop. **23**
Sapagkat may kasunduan ka sa mga bato sa iyong taniman;
magiging mapayapa ka sa mga mababangis na hayop. **24**
Matitiyak mo na ang iyong tolda ay ligtas; dadalawin mo
ang iyong kawan at makikitang hindi ito nabawasan. **25**
Matitiyak mo na dadami ang iyong lahi, na ang iyong mga
anak ay matutulad sa mga damo sa lupa. **26** Uuwi ka sa
iyong puntod sa iyong katandaan, tulad ng mga naipong
mga tangkay ng palay na dinadala sa giikan. **27** Tingnan
mo, siniyasat namin ang bagay na ito; ganito talaga ito;
pakinggan mo ito at patunayan sa iyong sarili."

**6** Pagkatapos sumagot si Job at sinabing, **2** "O, kung
titimbangin lamang ang aking paghihirap, at susukatin
ang lahat ng aking mga sakuna! **3** Sa ngayon mas magiging
mabigat pa ito kaysa sa lahat ng buhangin sa dagat. Kaya
nga naging padalos-dalos ako sa aking mga salita. **4** Dahil
ang mga palaso ng Makapangyarihan ay nakaabang sa
akin, ang aking espiritu ay iniinom ang lason; ang mga
kaparusahan ng Diyos ay nagsunod-sunod laban sa akin. **5**
Ang isa bang mabangis na asno ay uungal kung marami
namang damo? O ang mga baka ba ay uungal kung may
dayami naman silang makakain? **6** Ang isang pagkain ba
na walang lasa ay makakain kung walang asin? O may
kung anong lasa ba sa puti ng itlog? **7** Tumatanggi akong
hawakan sila; tulad sila ng mga nakakapandiring pagkain sa
akin. **8** O, sana matanggap ko na ang aking hinihiling, oh,
ibigay na sana ng Diyos ang aking minimithi; **9** na malugod
ang Diyos na durugin niya ako ng isang beses, na bitawan
niya ako at putulin sa buhay na ito. **10** Sana ito na lang
ang aking maging pampalubag-loob—kahit na magsaya ako
sa hindi napapawing hapdi: na hindi ko sinuway ang mga
salita ng Tanging Banal. **11** Ano ba ang aking lakas, na
kailangan ko pang maghintay? Ano ba ang aking katapusan,
na kailangan kong pahabain ang aking buhay? **12** Ang lakas
ko ba ay kasing lakas ng mga bato? O ang aking mga
kalamnan ay gawa sa tanso? **13** Hindi ba totoo na hindi
ko kayang tulungan ang aking sarili, at ang karunungan ay
tinanggal sa akin? **14** Para sa isang taong malapit nang
mawalan ng malay, dapat ipakita ng kaniyang kaibigan ang
katapatan; kahit na pinabayaan niya pa ang kaniyang takot
sa Makapangyarihan. **15** Pero naging matapat ang mga

kapatid ko sa akin, na tulad ng mga batis sa disyerto, na tulad
ng mga daluyan ng tubig na natutuyo, **16** na dumidilim dahil
sa mga yelong tumatakip sa mga ito, at dahil sa mga niyebe
na ikinukubli ang sarili sa kanila. **17** Kapag sila ay natunaw,
sila ay mawawala; kapag ang panahon ay mainit, nalulusaw
sila sa kanilang kinalalagyan. **18** Ang mga karawan ay
gumigilid para maghanap ng tubig, nagpapaikot-ikot sila sa
tuyong lupain at saka mamamatay. **19** Ang mga karawan
mula sa Tema ay pinagmamasdan sila, gayun din sa pangkat
ng mga taga-Sheba na umaasa sa kanila. **20** Sila ay nabigo
dahil umaasa sila na makakahanap ng tubig; pumunta sila
roon pero sila ay nilinlang. **21** Kaya ngayon, kayong mga
kaibigan ko ay wala nang halaga sa akin; nakita ninyo ang
aking kaawa-awang kalagayan pero kayo ay natatakot. **22**
'Sinabi ko ba sa inyo na bigyan ninyo ako ng kahit ano?' 'O,
regaluhan ninyo ako mula sa inyong kayamanan?' **23** O,
'Iligtas ako mula sa kamay ng aking kalaban?' O, 'Tubusin
ako sa kamay ng mga nang-aapi sa akin?' **24** Ituro ninyo
sa akin, at ako ay mananahimik, ipaintindi ninyo sa akin
kung saan ako nagkamali. **25** Sadya ngang napakasakit ng
katotohanan! Pero ang inyong mga sinasabi, paano ba nito
ako maitutuwid? **26** Balak ba ninyong hindi pansinin ang
aking mga sinasabi, ituring ito ang salita ng isang tao na
parang ito ay hangin? **27** Totoo nga, pinagpupustahan ninyo
ang naulila sa ama, at pinagtatalunan ang inyong kaibigan na
tulad ng isang kalakal. **28** Subalit ngayon, tingnan ninyo ako
at papatunayan ko sa inyo na hindi ako nagsisinungaling. **29**
Pigilan ninyo ang inyong sarili, parang awa ninyo na; maging
makatarungan kayo, maghunos-dili kayo dahil nasa tamang
panig ako. **30** May kasamaan ba sa aking dila? Hindi ba
malalaman ng aking bibig ang malisyosong mga bagay?

**7** Hindi ba't may mabigat na gawain ang bawat isang tao sa
ibabaw ng lupa? **2** Hindi ba na ang kaniyang mga araw
ay gaya ng isang taong upahan? **3** Katulad ng isang alipin
na maalab na ninanais ang mga anino ng gabi, katulad ng
isang taong upahan na naghihintay sa kaniyang mga sahod-
kaya nagtiis ako sa mga buwan ng kahirapan; nagkakaroon
ako ng mga gabing punong-puno ng kaguluhan. **4** Kapag
ako ay humihiga, sinasabi ko sa aking sarili, “Kailan ako
babangon at kailan lilipas ang gabi? Punong-puno ako ng
kabalisahan hanggang sa magbukang-liwayway. **5** Ang
aking laman ay nadadamitan ng mga uod at mga tipak ng
alikabok; nanigas na ang mga sugat sa aking balat at saka
malulusaw at mananariwang muli. **6** Ang aking mga araw ay
mas mabilis kaysa sa panghabi; lilipas sila nang walang pag-
asa. **7** Alalahanin mo O Diyos na ang aking buhay ay isa
lamang hininga; ang aking mata ay hindi na makakakita pa
ng kabutihan. **8** Ang mata ng Diyos, na nakikita ako, ay hindi
na muli ako makikita; Ang mga mata ng Diyos ay tutuon sa
akin pero hindi na ako mabubuhay. **9** Gaya ng isang ulap na
napapawi at nawawala, gayon din ang siyang bumababa sa
sheol ay hindi na aahon pa. **(Sheol h7585)** **10** Siya ay hindi
na babalik pa sa kaniyang tahanan; ni makikilala pa siya
muli sa kaniyang lugar. **11** Kaya hindi ko pipigilin ang aking
bibig; Magsasalita ako sa kadalamhatian ng aking espiritu;
Ako ay dadaing sa kapaitan ng aking kaluluwa. **12** Ako ba
ay isang dagat, o isang halimaw sa dagat para lagyan mo
ng bantay? **13** Kapag sinasabi ko, 'Aaliwin ako ng aking
higaan, at pakakalmahin ng aking upuan ang aking daing,
**14** pagkatapos tinatakot mo ako sa mga panaginip at ako ay
sinisindak sa mga pangitain, **15** kaya pipiliin ko ang magbigti
at kamatayan sa halip na panatilihin pang buhay ang aking
mga buto. **16** Kinasusuklaman ko ang aking buhay; Hindi ko
hinahangad na patuloy akong mabuhay; hayaan mo akong
mag-isa dahil walang silbi ang aking mga araw. **17** Ano
ang tao na dapat bigyan mo ng pansin, na dapat iyong
ituon ang isip sa kaniya, **18** na dapat mong bantayan tuwing
umaga at sinusubok mo siya sa bawat sandali? **19** Gaano
katagal bago mo alisin ang iyong tingin sa akin? bago mo
ako hayaang mag-isa nang may sapat na panahon para
lunukin ang aking sariling laway? **20** Kahit ako ay nagkasala,
ano ang magagawa nito sa iyo, ikaw na nagbabantay sa
mga tao? Bakit mo ako ginawang isang pakay, para ba ako
ay maging pasanin sa iyo? **21** Bakit hindi mo mapatawad
ang aking mga pagsuway at alisin ang aking kasamaan?
Sa ngayon ako ay hihiga sa alikabok; maingat mo akong
hahanapin, pero wala na ako.”

**8** Pagkatapos sumagot si Bildad ang Suhita at nagsabing,
**2** “Hanggang kailan mo sasabihin ang mga bagay
na ito? Gaano katagal magiging kagaya ng malakas na
hangin ang mga salita sa iyong bibig? Binabaluktot ba
ng Diyos ang katarungan? **3** Maaari bang baluktutin ng
Makapangyarihang Diyos ang katuwiran? **4** Ang iyong mga
anak ay nagkasala laban sa kaniya; Alam namin ito, dahil
pinarusahan niya sila sa kanilang mga kasalanan. **5** Sabihin
nating masigasig mong hinanap ang Diyos at iyong inilahad
ang iyong mga kahilingan sa Makapangyarihan. **6** Sabihin
nating ikaw ay dalisay at matuwid; pagkatapos siguradong
gagawa siya para sa iyo at gagantipalaan ka ng tahanan na
tunay mong pag-aari. **7** Kahit na maliit ang iyong simula,
ang iyong huling kalagayan ay magiging mas higit. **8** Para
sa kaalaman, nagmamakaawa ako sa iyo, tungkol sa mga
dumaang panahon, ihanda ang iyong sarili para matutunan
kung ano ang mga natuklasan ng ating mga ninuno. **9** (
Ipinanganak lamang tayo kahapon at wala tayong nalalaman
sapagkat ang ating mga araw sa daigdig ay isang anino.)
**10** Hindi ba nila ituturo at sasabihin sa iyo? Hindi ba sila
magsasalita mula sa kanilang mga puso? **11** Maaari bang

tumubo ang papirus na walang lati? Maaari bang tumubo
ang tambo na walang tubig? 12 Habang sila ay mga sariwa
pa at hindi pinuputol, sila ay natutuyo bago ang anumang
halaman. 13 Kaya gayon din ang mga landas ng lahat nang
nakakalimot sa Diyos, ang pag-asa ng mga walang diyos
ay maglalaho — na ang may pagtitiwala ay nagkakahiwa-
hiwalay, 14 na ang may tiwala ay marupok tulad ng isang
sapot ng gagamba. 15 Ang ganoong tao ay sasandig sa
kaniyang bahay, pero hindi ito magtatagal. Hahawak siya
dito, pero hindi ito mananatili. 16 Siya ay sariwa sa ilalim ng
araw, at ang kaniyang mga sibol ay kumakalat sa kaniyang
buong hardin. 17 Ang kaniyang mga ugat ay pumupulupot
sa tambak ng bato; naghahanap sila ng magagandang lugar
sa gitna ng batuhan. 18 Pero kung ang taong ito ay sinira sa
kaniyang lugar, saka siya ipagkakaila ng lugar na iyon at
sasabihing, 'Hindi kailanman kita nakita.' 19 Masdan mo,
Ito ay ang “kagalakan” ng ganoong pag-uugali ng isang
tao; Sisibol muli ang ibang halaman sa parehong lupa sa
kaniyang lugar. 20 Masdan mo, hindi itatakwil ng Diyos ang
isang taong walang kasalanan; ni aalalayan ang kamay ng
mga gumagawa ng masama. 21 Pupunuin pa niya ang iyong
bibig ng tuwa, at ang iyong mga labi ng sigawan. 22 Sila na
mga napopoot sa iyo ay dadamitan ng kahihiyan; Ang tolda
ng mga masasama ay maglalaho.”

9 Pagkatapos sumagot si Job at sinabi, “ 2 tunay na alam
ko na ganito nga ito. Pero paano magiging matuwid
ang isang tao sa harap ng Diyos? 3 Kung gusto niyang
makipagtalo sa Diyos, hindi niya siya sasagutin kahit minsan
lang sa libong beses. 4 Ang Diyos ay marunong sa puso
at makapangyarihan sa lakas; Sino ang nagmatigas laban
sa kaniya ang nagtagumpay kailanman? — 5 siya na
nagtatanggal ng mga bundok na walang babala sa sinuman
kapag pinapataob niya ang mga ito dahil sa kaniyang
galit— 6 siyang yumayanig sa daigdig mula sa kinalalagyan
nito at pinapanginig ang mga sandigan nito. 7 Ito rin ang
Diyos na nagsasabi sa araw na huwag sumikat, at ito nga
ay hindi sumikat, at siyang nagtatakip sa mga bituin, 8
siya na mismong naglatag ng mga kalangitan at siyang
yumuyurak at sumusupil sa mga alon ng dagat, 9 siya
na gumawa sa Oso, sa Orion, sa Pleyades, at sa kumpol
ng mga bituin sa katimugan. 10 Ito rin ang Diyos na
gumagawa ng mga dakilang bagay, mga bagay na hindi
kayang maunawaan—sa katunayan, mga kahanga-hangang
bagay na hindi mabibilang. 11 Masdan mo, sinasamahan niya
ako, at hindi ko siya nakikita; Dumadaan din siya, pero hindi
ko siya napapansin. 12 Kung makakahuli siya ng biktima,
sino ang makakapigil sa kaniya? Sino ang magsasabi sa
kaniya, “Ano ang iyong ginagawa?” 13 Hindi babawiin ng
Diyos ang kaniyang galit; ang mga katulong ni Rahab ay
yumuko sa ilalim niya. 14 Paano ako makakasagot sa kaniya,
maaari ba akong mamili ng mga salita para ikatwiran sa
kaniya? 15 Kahit na ako ay matuwid, hindi ko siya kayang
sagutin; ang puwede ko lang gawin ay magmakaawa sa
aking hukom. 16 Kahit na ako ay tumawag at sinagot niya
ako, hindi ako naniniwala na nakikinig siya sa aking tinig.
17 Dahil binabasag niya ako sa pamamagitan ng bagyo
at pinaparami ang aking mga sugat nang walang dahilan.
18 Hindi man lamang ako hinayaang mahabol ang aking
hininga; sa halip ay pinuno niya ako nang kapaitan. 19 Kung
kami ay nagsasalita tungkol sa kalakasan, bakit, siya ay
makapangyarihan! At kung pinag-uusapan natin ang tungkol
sa katarungan, 'Sino,' sabi niya, 'ang magtatanong sa akin?'
20 Kahit na ako ay matuwid, ang sarili kong bibig ang hahatol
sa akin; kahit na ako ay walang kasalanan, patutunayan
pa rin nito na ako ay may pagkakasala. 21 Ako ay walang
kapintasan pero wala na akong pakialam sa aking sarili;
kinasusuklaman ko ang sarili kong buhay. 22 Wala itong
pagkakaiba, kaya ko sinasabi na magkasama niyang sinisira
ang mga taong walang kasalanan at ang mga masasamang
tao. 23 Kung ang isang salot ay biglang pumatay, tatawanan
niya ang mga pagdurusa ng mga taong walang kasalanan.
24 Ang lupa ay ibinigay sa kamay ng mga masasamang tao;
tinatakpan ng Diyos ang mga mukha ng mga hukom nito.
Kung hindi siya ang gumagawa nito, kung gayon sino? 25
Ang aking mga araw ay mas matulin kaysa tumatakbong
mensahero; lumilipas ang aking mga araw; wala silang
nakikitang mabuti kahit saan. 26 Sila ay kasing-bilis ng mga
bangkang tambo ng papirus, at kasing-bilis ng pagsalakay
ng agila na dumadagit sa kaniyang biktima. 27 Kung sinabi
kong kakalimutan ko ang aking mga hinaing, na huhubarin
ko ang malungkot kong mukha at magpapakasaya, 28 ako
ay maaring matakot sa lahat ng aking mga kalungkutan dahil
alam ko na hindi mo isaalang-alang na ako ay walang sala.
29 Ako ay hahatulan; kung gayon, bakit pa ako susubok
nang wala namang kahihinatnan? 30 Kung huhugasan ko
ang aking sarili ng tubig-niyebe at gagawin kong napakalinis
ang aking mga kamay, 31 itutulak ako ng Diyos sa isang
hukay, at ang aking mga kasuotan ay mayayamot sa akin.
32 Dahil ang Diyos ay hindi tao, kagaya ko, na maaari ko
siyang sagutin, na pareho kaming pupunta sa hukuman. 33
Walang hukom sa pagitan namin na maaaring magpatong
ng kaniyang kamay sa aming dalawa. 34 Walang ibang
hukom na maaring mag-alis ng pamalo ng Diyos sa akin, na
maaaring pumigil sa kaniyang bagsik para hindi ako matakot.
35 Sa gayon magsasalita ako at hindi matatakot sa kaniya.
Pero sa kasalukuyang kalagayan, hindi ko iyon magagawa.

10 Napapagod ako sa aking buhay; magbibigay ako ng
malayang pagpapahayag sa aking hinaing; magsasalita

ako sa kapaitan ng aking kaluluwa. 2 Sasabihin ko sa Diyos,
huwag mo akong basta isumpa; ipakita mo kung bakit mo
ako inaakusahan. 3 Makakabuti ba para sa iyo na ako
ay iyong apihin, na kasuklaman ang mga gawa ng iyong
mga kamay habang ikaw ay nakangiti sa mga plano ng
masasama? 4 Mayroon ka bang mga mata? Nakakakita ka
ba kagaya ng nakikita ng tao? 5 Ang mga araw mo ba ay
kagaya ng mga araw ng sangkatauhan o ang mga taon mo
ba ay kagaya ng mga taon ng mga tao, 6 na nag-uusisa
sa aking mga kasamaan at nagsasaliksik ng aking mga
kasalanan, 7 kahit na alam mong wala akong kasalanan
at walang sinumang makakasagip sa akin mula sa iyong
mga kamay? 8 Ang iyong mga kamay ang nagbalangkas
at humubog sa akin, pero sinisira mo ako. 9 Alalahanin
mo, nagsusumamo ako sa iyo, na hinubog mo ako gaya
ng putik; ibabalik mo ba muli ako sa alabok? 10 Hindi ba't
ibinuhos mo ako na parang gatas at binuo mo ako na
parang keso? 11 Binihisan mo ako ng balat at laman at
hinabi mo akong magkakasama ng mga buto at mga litid.
12 Pinagkalooban mo ako ng buhay at katapatan sa tipan;
ang tulong mo ang nagbantay sa aking espiritu. 13 Gayon
man itinago mo ang mga bagay na ito sa iyong puso—alam
ko ito ang iyong iniisip: 14 na kung ako ay nagkasala,
napapansin mo ito; Hindi mo ako ipapawalang-sala sa aking
mga kasamaan. 15 Kung ako ay masama, sumpain ako;
kahit ako ay matuwid, hindi ko maaring itaas ang aking
ulo, yamang puno ako nang kahihiyan at pinagmamasdan
ang sarili kong paghihirap. 16 Kung titingala ang aking ulo,
hinuhuli mo ako tulad ng isang leon; muli mong ipinapakita
sa akin na ikaw ay makapangyarihan. 17 Nagdadala ka ng
mga bagong saksi laban sa akin at dinadagdagan mo ang
iyong galit sa akin; sinasalakay mo ako ng mga bagong
hukbo. 18 Bakit, kung gayon, inilabas mo ako mula sa
sinapupunan? Sana ay isinuko ko na ang aking espiritu para
wala ng mata ang nakakita sa akin kailanman. 19 hindi na
sana ako nabuhay; binitbit na sana ako mula sa sinapupunan
diretso sa libingan. 20 Hindi ba kaunti na lang ang aking
mga araw? Kung gayon ay tapusin na, hayaan akong mag-
isa, para magkaroon naman ako ng kaunting pahinga 21
bago ako pumunta kung saan hindi na ako makakabalik,
sa lupain ng kadiliman at sa anino ng kamatayan, 22 ang
lupain na kasing-dilim ng hatinggabi, sa lupain ng anino ng
kamatayan, walang kahit anong kaayusan, kung saan ang
liwanag ay kagaya ng hatinggabi.""

**11** Pagkatapos sumagot si Zofar ang Naamita at nagsabi,
2 Hindi ba dapat sagutin ang ganyang napakaraming
salita? Nararapat ba sa taong ito, na puno ng mga salita, na
paniwalaan? 3 Nararapat ba na ang iyong pagmamagaling
ay nagpapanatili sa iba na manahimik? Kapag kinutya mo
ang aming katuruan, wala bang sinuman na magpapahiya
sa iyo? 4 Dahil sinasabi mo sa Diyos, 'Ang aking mga
paniniwala ay dalisay, ako ay walang kasalanan sa iyong
mga mata. 5 Pero, kung sana lang magsalita ang Diyos
at buksan ang kaniyang bibig laban sa iyo; 6 na ipakita
sa iyo ang mga lihim ng karunungan. Dahil dakila siya sa
pang-unawa. Saka mo alamin na ang hinihingi sa iyo ng
Diyos ay mas magaan sa nararapat sa iyong kasalanan.
7 Maiintindihan mo ba ang Diyos sa pamamagitan ng
paghahanap sa kania? Maaari mo bang mauunawaan ang
Makapangyarihan nang lubusan? 8 Ang mga bagay ay
kasing-taas ng langit; ano ang magagawa mo? Mas malalim
pa ito kaysa sa sheol; ano ang malalaman mo? **(Sheol h7585)**
9 Ang kaniyang sukat ay mas mahaba pa kaysa daigdig,
mas malawak pa kaysa dagat. 10 Kung siya ay dumadaan
at ikinukulong ang sinuman, kung tinatawag ang sinuman
sa hukuman, sa gayon sino ang makakapigil sa kaniya?
11 Sapagkat kilala niya ang mga taong mapagpanggap;
kapag nakakakita ng kasamaan, hindi ba niya napapansin
ito? 12 Pero ang mga taong hangal ay walang pang-
unawa; Makukuha nila ito kapag ang isang ligaw na asno ay
magsilang ng isang tao. 13 Pero ipagpalagay na itinakda
mong ayusin ang iyong puso at iniunat ang iyong mga kamay
patungo sa Diyos; 14 ipagpalagay mo na ang kasamaan ay
nasa iyong mga kamay, kung gayon ilayo mo ito mula sa
iyo, at hindi hinayaan ang kasamaan na manahan sa iyong
mga tolda. 15 Sa gayon ay tiyak na maitataas mo ang iyong
mukha na walang tanda ng kahihiyan; tunay nga, magiging
matatag ka at hindi matatakot. 16 Makakalimutan mo ang
iyong paghihirap; maaalala mo lamang ito gaya ng tubig
na umagos palayo. 17 Ang iyong buhay ay magiging mas
maliwanag kaysa katanghaliang tapat; kahit na mayroong
kadiliman, ito ay magiging gaya ng umaga. 18 Magiging
ligtas ka dahil may pag-asa; sa katunayan, matatagpuan mo
ang iyong kaligtasan at ikaw ay makapagpapahinga nang
ligtas. 19 At walang pwedeng tumakot sa iyo; tunay, marami
ang lalapit sa iyo para humingi ng pabor. 20 Pero ang mga
mata ng mga masasamang tao ay mabibigo; wala silang
paraan para tumakas. Ang kanilang tanging pag-asa ay ang
huling hinga ng buhay."

**12** Pagkatapos sumagot si Job at sinabi, 2 walang pag-
aalinlangan na kayo ang bayan; ang karunungan ay
mamamatay na kasama ninyo. 3 Pero mayroon din akong
pang-unawa na kagaya ninyo; Hindi ako mas mababa kaysa
sa inyo. Sa katunayan, sino ang hindi nakaka-alam ng mga
bagay na gaya nito? 4 Ako ay isang katatawanan para
sa aking kapwa —ako, na siyang tumawag sa Diyos at
kaniyang sinagot! Ako, isang taong makatarungan at walang
kasalanan—ako ngayon ay isa nang katatawanan. 5 Sa isip

ng isang taong matiwasay, may paglait para sa kasawian;
Iniisip niya sa paraang magdadala nang mas marami pang
kasawian sa mga nadudulas ang paa. **6** Sumasagana ang
mga tolda ng mga manloloob, at ang mga nagpapagalit sa
Diyos ay dama ang katiyakan; ang kanilang mga sariling
mga kamay ang kanilang mga diyos. **7** Pero ngayon tanungin
mo ang mga mababangis na hayop; at tuturuan ka nila;
Tanungin mo ang mga ibon sa mga himpapawid at sasabihin
nila sa iyo. **8** O magsalita ka sa lupa, at ikaw ay tuturuan;
Ang mga isda sa dagat ay magpapahayag sa iyo. **9** Alin
sa mga hayop ang hindi alam na ang kamay ni Yahweh
ang gumawa nito—ang nagbigay sa kanila ng buhay— **10**
Yahweh, sa kaninong kamay ang bawat bagay na may
buhay at ang hininga ng sangkatauhan? **11** Hindi ba ang
tainga ang sumusuri sa mga salita gaya ng dila na tumitikim
sa pagkain? **12** Sa mga taong may edad ay karunungan; sa
kahabaan ng mga araw ay pang-unawa. **13** Sa Diyos ay may
karunungan at kalakasan; mayroon siyang mabuting kaisipan
at pang-unawa. **14** Tingnan mo, siya ay nasisira, at hindi na
ito maitatayong muli; kung ikinukulong niya ang isang tao,
hindi na maaring palayain. **15** Masdan mo, kung pinipigil niya
ang mga tubig, natutuyo ang mga ito, at kung pakakawalan
ang mga ito, natatabunan nila ang lupain. **16** Nasa kaniya
ang kalakasan at karunungan; ang mga taong nilinlang at
ang mga luminlang ay parehong nasa ilalim ng kaniyang
kapangyarihan. **17** Pinapangunahan niyang ilayo ang mga
tagapayo ng nakayapak sa kalungkutan; inililiko niya ang
mga hukom para maging hangal. **18** Tinatanggal niya ang
hanay ng kapangyarihan mula sa mga hari; binabalutan niya
ng tela ang kanilang mga baywang. **19** Pinapangunahan
niyang ilayo ang mga pari na nakayapak sa kalungkutan at
patalsikin ang mga makapangyarihang tao. **20** Inalis niya
ang pananalita ng mga taong mapagkakatiwalaan at inaalis
niya ang pang-unawa ng mga matatanda. **21** Ibinubuhos
niya ang paghamak sa mga prinsipe at kinanakalas niya ang
sinturon ng mga malalakas na tao. **22** Inilalantad niya ang
mga malalalim na bagay mula sa kadiliman at inilalabas sa
liwanag ang mga anino kung saan naroon ang mga patay.
**23** Ginagawa niyang malakas ang mga bansa, at winawasak
din niya ang mga ito. Pinapalawak niya ang mga bansa,
at dinadadala din niya ang mga ito bilang mga bihag. **24**
Tinatanggal niya ang pang-unawa mula sa mga pinuno ng
mga bayan sa daigdig; Idinudulot niyang magpaikot-ikot sila
sa ilang kung saan walang daan. **25** Nangangapa sila sa
dilim na walang liwanag; Ginagawa silang parang lasing na
pasuray-suray.

**13** Tingnan mo, nakikita ko ang lahat; Nakikinig at
nauunawaan ko ito. **2** Kung ano ang alam mo, alam
ko rin; hindi ako mas mababa sa iyo. **3** Gayunman, mas
gugustuhin ko na lang na makipag-usap sa Makapangyarihan;
aking hihilingin na makapagdahilan sa Diyos. **4** Pero inyong
pinagtakpan ang katotohanan ng kasinungalingan; kayo ay
manggagamot na walang silbi. **5** O, nais mo bang hawakang
mabuti ang iyong kapayapaan! Iyon ang inyong karunungan.
**6** Pakinggan mo ang aking mga paliwanag; pakinggan
mo ang panawagan ng aking mga labi. **7** Magsasabi ka
ba ng hindi matuwid sa Diyos, at magsasalita ka ba ng
mapanlinlang sa kaniya? **8** Dapat mo ba talagang ipakita ang
kabaitan sa kaniya? Ginusto mo ba talagang makipagtalo
sa hukuman bilang mga manananggol para sa Diyos? **9**
Makabubuti ba talaga sa iyo kung siya na hukom ay titingnan
at suriin ka? O tulad ng ibang nanglololoko ng iba, talaga
bang magiging maling kinatawan sa kaniya sa hukuman? **10**
Siguradong susumbatan ka niya kung lihim mong ipapakita
ang pagtatangi sa kaniya. **11** Hindi ka ba magawang
matakot ng kaniyang kamahalan? Hindi ba babagsak ang
pagkatakot niya sa iyo? **12** Hindi malilimutang kasabihan mo
ay kawikaan na gawa sa mga abo; ang mga pananangol
mo ay pananangol na gawa sa putik. **13** Manahimik ka
muna, hayaan mo muna ako, para makapagsalita ako,
dumating na kung anuman ang nararapat sa akin. **14** Kukunin
ko ang sarili kong laman sa aking ngipin; kukunin ko ang
aking buhay sa aking mga kamay. **15** Tingnan mo, kung
papatayin niya ako, mawawalan ako ng pag-asa; gayon
pa man, ipagtatanggol ko ang aking mga pamamaraan sa
harapan mo. **16** Ito ang magiging dahilan ko para sa aking
pagpapawalang-sala, hindi na ako pupunta sa harapan mo
tulad ng isang taong walang diyos. **17** O Diyos, pakinggan
ng mabuti ang aking sasabihin; hayaan mong madinig ng
iyong mga tainga ang aking pagpapahayag. **18** Tingnan mo
ngayon, inilagay ko ang aking tanggulan sa ayos; Alam ko
na ako ay inosente. **19** Sinong maaaring makipagtalo sa
akin laban sa akin sa hukuman? Kung pupunta ka para
gawin iyon, at kung mapapatunayan mong mali ako, kung
gayon mananahimik at isusuko ko ang aking buhay. **20** O
Diyos, gumawa ka ng dalawang bagay para sa akin, at
pagkatapos hindi ko na itatago ang aking sarili sa iyong
mukha: **21** babawiin mo ang mapang-aping kamay mo, at
huwag mong hayaan ang iyong mga paninindak para takutin
ako. **22** Pagkatapos tatawag ka, at tutugon ako; O hayaan
mong ako ay magsalita, at iyong tugunin. **23** Ilan ang aking
mga kasamaan at kasalanan? Hayaan mong malaman ko
ang aking pagsuway at kasalanan. **24** Bakit mo itinatago ang
iyong mukha sa akin at itinuturing mo akong tulad ng iyong
kaaway? **25** Uusigin mo ba ang isang tinangay na dahon?
Hahabulin mo ba ang tuyong dayami? **26** Dahil sumulat ka
ng mga mapapait na mga bagay laban sa akin; ipinamana
mo sa akin ang mga kasamaan ng aking kabataan. **27**

Inilagay mo rin ang aking paa sa mga kandadong kahoy;
tinitingnan mong mabuti ang lahat ng aking mga landas;
sinusuri mo ang lupa kung saan ang mga nilakaran ng
talampakan ng aking paa 28 bagaman tulad ako ng isang
mabahong bagay na nabubulok, tulad ng isang damit na
kinakain ng gamugamo.

**14** Ang mga tao, na ipinanganak ng babae, na nabubuhay
ng kaunting araw at puno ng kaguluhan. 2 Umuusbong
siya mula sa lupa tulad ng isang bulaklak at pinuputol;
tumatakas siya tulad ng isang anino at hindi nagtatagal.
3 Tumitingin ka ba alinman sa mga ito? Dinadala mo ba
ako sa paghatol kasama mo? 4 Sinong magdadala ng mga
bagay na malinis mula sa mga bagay na marumi? Walang
sinuman. 5 Ang mga araw ng tao ay tiyak; Ang bilang ng
kaniyang mga buwan ay nasa iyo; itinakda mo ang kaniyang
mga hangganan para hindi siya makalampas. 6 Lumayo
ka mula sa kaniya para siya ay maaaring makapahinga,
sa gayon siya ay maaaring masiyahan sa kaniyang araw
tulad ng isang inupahang tao kung magagawa niya. 7
Maaaring magkaroon ng pag-asa roon para sa isang puno;
kung puputulin ito, maaaring sumibol muli, itong sariwang
sanga ay hindi matatapos. 8 Kahit tumanda na ang ugat
nito sa lupa, at ang mga tangkay nito ay mamatay sa lupa,
9 kahit na ito ay nakakaamoy ng tubig lamang, uusbong
ito at magkakasanga tulad ng isang halaman. 10 Pero ang
tao ay namamatay; nagiging mahina; sa katunayan nga,
nalalagutan ng hininga ang tao, at kung gayon nasaan siya?
11 Gaya ng tubig na nawawala sa isang lawa, at tulad ng
isang ilog na nauubusan ng tubig at natutuyo, 12 gayundin
ang mga tao ay humimlay at hindi na bumangon muli.
Hanggang mawala ang kalangitan, hindi na sila gigising ni
magigising man sa kanilang pagkakatulog. 13 O, nais mo
akong itagong palayo sa sheol na malayo mula sa mga
kaguluhan, at nais mo akong panatilihing itago hanggang
matapos ang iyong poot, nais mo akong ilagay sa takdang
panahon para manatili doon at pagkatapos alalahanin mo
ako! **(Sheol h7585)** 14 Kung ang isang tao ay mamamatay,
mabubuhay ba siyang muli? Kung gayon, hinahangad kong
maghintay sa nakakapagod na panahon doon hanggang
dumating ang aking paglaya. 15 Tatawag ka, at sasagutin
kita. Nais mong magkaroon ng hangarin para sa gawa ng
iyong mga kamay. 16 Binilang mo at iningatan ang aking
mga yapak; hindi mo nais panatilihin ang bakas ng aking
kasalanan. 17 Ang aking mga kasalanan ay itinago sa isang
lalagyan; nais mong takpan ang aking kasalanan. 18 Pero
kahit ang mga bundok ay gumuguho at nawawala; kahit ang
mga bato ay nilipat sa kanilang lugar; 19 sinisira ng tubig
ang mga bato; tinatangay ng mga baha ang mga alikabok sa
lupa. Tulad nito, winawasak mo ang pag-asa ng tao. 20 Lagi
mo siyang tinatalo, at siya ay pumapanaw; pinalitan mo ang
kaniyang mukha at pinalayas mo siya para mamatay. 21
Ang kaniyang mga anak na lalaki ay maaaring dumating
para magparangal, pero hindi niya ito nalalaman; maaari
silang ibaba, pero hindi niya ito nakikitang nangyayari. 22
Nararamdaman lamang niya ang kirot sa kaniyang sariling
katawan, at siya ay nagdadalamhati para sa kaniyang sarili.

**15** Pagkatapos sumagot si Elifaz ang Temanita at sinabi,
2 Nararapat bang sumagot ang isang matalinong tao
nang walang kabuluhang kaalaman at pupunuin ba ng
kaniyang sarili ng hanging silangan? 3 Nararapat ba siyang
magdahilan nang walang pakinabang na pakikipag-usap o
mga pananalita na maaaring hindi makakagawa sa kaniya
ng mabuti? 4 Tunay nga, inalis mo ang paggalang para sa
Diyos; pinigilan mo ang debosyon para sa kaniya, 5 dahil ang
iyong kasalanan ang nagtuturo sa iyong bibig; pinili mong
magkaroon ka ng dila ng isang taong mapanlinlang. 6 Ang
sarili mong bibig ang sumusumpa sa iyo, hindi sa akin; sa
katunayan nga, ang sarili mong mga labi ang nagpapatunay
laban sa iyo. 7 Ikaw ba ang unang taong ipinanganak?
Dinala ka ba na mabuhay bago ang mga burol? 8 Narinig
mo ba ang lihim na kaalaman ng Diyos? Nilimitahan mo ba
ang karunungan sa iyong sarili? 9 Anong nalalaman mo na
hindi namin nalalaman? Anong nauunawaan mo na wala
rin sa amin? 10 Kasama namin ang kapwa puti ang buhok
at napakatandang tao na mas matanda pa kaysa sa iyong
ama. 11 Ang mga kaaliwan ba ng Diyos ay napakaliit para sa
iyo, ang mga salitang mahinahon sa iyo? 12 Bakit ka nadaig
ng iyong puso? Bakit ang iyong mga mata ay nanglilisik, 13
sa gayon ibaling mo ang iyong espiritu laban sa Diyos at
maglabas ka ng ganoong mga salita mula sa iyong bibig? 14
Ano ang tao na siya ay dapat maging malinis? Ano siya na
ipinanganak ng isang babae na dapat maging matuwid? 15
Tingnan mo, hindi nagtitiwala ang Diyos kahit sa kaniyang
mga hinirang; sa katunayan nga, ang kalangitan ay hindi
malinis sa kaniyang paningin; 16 gaano kaunti ang isang
malinis na karumal-dumal at makasalanan, isang tao na
umiinom ng kasalanan tulad ng tubig! 17 Ipapakita ko sa
iyo; pakinggan mo ako; ipapahayag ko sa iyo ang mga
bagay na aking nakita, 18 ang mga bagay na ipinasa ng
mga taong matatalino mula sa kanilang mga ama, ang mga
bagay na hindi itinago ng kanilang mga ninuno. 19 Ang
mga ito ay kanilang mga ninuno, sa nag-iisang binigyan ng
lupain, at sa kanilang kalagitnaan ay walang dayuhan ang
dumaan. 20 Ang masasamang tao na namimilipit sa sakit
sa lahat ng araw niya, ang bilang ng mga taon na inilaan
para sa taong mapang-api para magdusa. 21 Isang kalila-
kilabot na tunog ay nasa kaniyang mga tainga; habang siya
ay nasa kasaganaan, ang tagapagwasak ay darating sa

kanila. **22** Hindi niya naiisip na babalik siya sa kadiliman;
nakaabang ang espada para sa kaniya. **23** Gumagala siya
sa iba-ibang mga lugar dahil sa tinapay, na sinasabing,
'Nasaan na ito?' Nalalaman niya ang araw ng kadiliman
ay malapit na. **24** Ang pagdadalamhati at pagkahapis ay
ginagawa siyang takot; nagwagi sila laban sa kaniya, tulad
ng isang hari na handa sa labanan. **25** Dahil inabot niya
ng kaniyang kamay laban sa Diyos at kumikilos nang may
pagmamalaki laban sa Makapangyarihan, **26** ang masamang
taong ito na lumalaban sa Diyos na may matigas na leeg,
na may isang makapal na kalasag. **27** Totoo ito, kahit
tinakpan niya ang kaniyang mukha ng kaniyang katabaan at
mataba rin ang kaniyang mga pigi, **28** at nanirahan sa mga
wasak na lungsod; sa mga bahay na walang taong nakatira
ngayon at handa nang maging mga tambakan. **29** Hindi
siya magiging mayaman; hindi magtatagal ang kaniyang
yaman; kahit ang kaniyang anino ay hindi magtatagal sa
daigdig. **30** Hindi siya umalis sa kadiliman; isang apoy ang
magtutuyo sa kaniyang mga sanga; at sa hininga ng bibig
ng Diyos siya ay papanaw. **31** Huwag siyang hayaang
magtiwala sa mga walang kabuluhang bagay, nililinlang
niya ang kaniyang sarili; dahil ang walang pakinabang ang
kaniyang magiging gantimpala. **32** Mangyayari ito bago
ang panahon ng kaniyang kamatayan; ang kaniyang sanga
ay hindi magiging luntian. **33** Ihuhulog niya ang kaniyang
mga hilaw na ubas tulad ng puno ng ubas; itatapon niya
ang kaniyang mga bulaklak tulad ng puno ng olibo. **34**
Dahil ang mga kasamahan ng hindi maka-diyos na tao ay
hindi mamumunga; tutupukin ng apoy ang kanilang mga
tolda ng panunuhol. **35** Nagbubuntis sila ng kasamaan at
nanganganak ng kasalanan; sa kanilang sinapupunan ay
nagbubuntis ng panlilinlang."

**16** Pagkatapos sumagot si Job at sinabi, **2** "Narinig ko
ang maraming ganoong mga bagay; kayong lahat ay
nakakainis na mga tagapag-aliw. **3** May katapusan ba ang
mga walang saysay na mga salita? Ano ang nangyayari
sa iyo na ganito ang iyong sagot? **4** Maaari din akong
magsalita tulad ng ginagawa mo, kung ikaw ay nasa aking
kinalalagyan; maaari kong tipunin at pagsama-samahin ang
mga salita laban sa iyo at ilingin ang aking ulo sa iyo nang
may pangungutya. **5** O, paano ko palalakasin ang loob mo
gamit ang aking bibig! Paano ko mapapagaan ang iyong
pighati gamit ang aking mga labi! **6** Kung magsasalita ako,
ang aking pighati ay hindi mababawasan; kung hindi ako
magsasalita, paano ako matutulungan? **7** Pero ngayon,
O Diyos, pinahirapan mo ako; pinabayaan mo ang buong
pamilya ko. **8** Ginawa mo akong matuyo, na sa sarili nito ay
isang saksi laban sa akin; ang pagpayat ng aking katawan
ay tumatayo laban sa akin, at nagpapatotoo ito laban sa
aking mukha. **9** Sa matinding galit ng Diyos nilupig at inusig
niya ako; nagngangalit siya sa akin gamit ang kaniyang
ngipin; ipinako ng kaaway ang kaniyang paningin sa akin
habang sinisira niya ako. **10** Napanganga sa akin ang mga
tao; sinampal niya ako nang may mapanisi sa pisngi; sila ay
nagsama-samang nagtipon laban sa akin. **11** Ibinigay ako ng
Diyos sa taong hindi maka-diyos, at inihagis ako sa kamay
ng masamang tao. **12** Nasa kaginhawahan ako at sinira niya
ako. Tunay nga, hinalbot ako sa leeg at binasag ako ng pira-
piraso; inilagay niya rin ako bilang kaniyang puntirya. **13**
Pinalibutan ako ng kaniyang tagapana; O Diyos tinusok mo
ang aking laman-loob at hindi ako kinaawaan; pinalabas
niya ang aking bituka sa lupa. **14** Dinurog niya ng paulit-ulit
ang aking pader; tumakbo siya tulad ng isang mandirigma.
**15** Tinahi ko ang sako sa aking balat; sinaksak ko sa lupa
ang aking sungay. **16** Mamula-mula ang aking mukha sa
pag-iyak; nasa pilik-mata ko ang anino ng kamatayan **17**
bagaman walang karahasan sa aking mga kamay, at ang
aking panalangin ay dalisay. **18** O lupa, huwag mong tabunan
ang aking dugo; hayaan ang aking iyak ay walang lugar
ng kapahingahan. **19** Kahit ngayon, tingnan mo, ang aking
saksi ay nasa langit; siyang mananagot sa akin ay nasa
kaitaasan. **20** Hinahamak ako ng aking mga kaibigan, pero
umiiyak ko sa Diyos. **21** Hiniling ko sa saksi ng kalangitang
iyon na makipagtalo para sa taong ito kasama ang Diyos
tulad ng isang tao na ginagawa sa kaniyang kapwa! **22** Nang
lumipas ang ilang taon, pupunta ako sa isang lugar na hindi
na ako babalik.

**17** Ang aking espiritu ay naubos, at ang aking mga araw
ay tapos na; handa na ang libingan para sa akin. **2**
Tunay nga na mayroong mangungutyang kasama ko; lagi ko
dapat makita ang kanilang pagtatangka. **3** Ibigay ngayon
ang isang pangako, maging isang tagapanagot para sa
akin sa iyong sarili; sino pa roon ang tutulong sa akin? **4**
Dahil sa iyo, O Diyos, iningatan mo ang kanilang mga puso
na maunawaan ito; kaya, hindi mo sila maitatas nang higit
sa akin. **5** Siyang bumabatikos sa kaniyang mga kaibigan
para sa isang gantimpala, sa mata ng kaniyang mga anak
ay hindi magtatagumpay. **6** Pero ginawa niya akong isang
usap-usapan ng mga tao; dinuraan nila ang aking mukha. **7**
Malabo na rin ang aking mata dahil sa kalungkutan; payat na
ang buong katawan ko gaya ng mga anino. **8** Sinisindak nito
ang mga matutuwid; ang inosente ay ginugulo ang kaniyang
sarili laban sa taong hindi maka-diyos. **9** Nag-iingat ang
taong matuwid sa kaniyang landas; siyang may malinis na
mga kamay ay lalakas nang lalakas. **10** Pero para sa inyong
lahat, halika ka ngayon; hindi ako makakakita ng matalinong
tao sa kalagitnaan ninyo. **11** Lumipas na ang mga araw ko,
tapos na ang mga plano ko, kahit ang mga kahilingan ng

aking puso. 12 Ang mga taong ito, ang mga mangungutya,
pinalitan ang gabi ng araw; ang liwanag, sinabi nila, malapit
na sa kadiliman. 13 Nang tumingin ako sa sheol bilang
aking tahanan; mula nang lumaganap ang aking higaan sa
kadiliman; **(Sheol h7585)** 14 mula nang sinabi ko sa hukay,
'ikaw ang aking ama,' at sa uod, 'ikaw ang aking ina o
aking kapatid na babae,' 15 nasaan na ngayon ang aking
pag-asa?, dahil sa aking pag-asa, sinong makakakita ng
anuman? 16 Ang pag-asa ba ay bababa sa tarangkahan ng
sheol kapag kami ay pumanaog sa alabok? **(Sheol h7585)**

**18** Pagkatapos sumagot si Bildad ang Suhita at sinabi, 2
Kailan ka titigil sa iyong pagsasalita? Pag-isipan mo, at
pagkatapos saka kami magsasalita. 3 Bakit mo pinapalagay
na gaya kami ng mga halimaw; bakit kami naging hangal sa
iyong paningin? 4 Ikaw na sinisira ang sarili sa iyong galit,
dapat bang pabayaan ang daigdig para lang sa iyo o dapat
bang alisin ang mga bato mula sa kanilang mga lugar? 5
Tunay nga, ang liwanag ng masamang tao ay papatayin; ang
kislap ng kaniyang apoy ay hindi magliliwanag. 6 Magdidilim
ang liwanag sa kaniyang tolda; ang kaniyang ilawan sa itaas
niya ay papatayin. 7 Ang mga hakbang ng kaniyang lakas
ay magiging maikli; ang kaniyang sariling mga plano ang
magpapabagsak sa kaniya. 8 Dahil siya ay ihahagis sa
isang lambat ng kaniyang sariling mga paa; lalakad siya
sa isang patibong. 9 Isang bitag ang huhuli sa kaniya sa
sakong; isang patibong ang huhuli sa kaniya. 10 Nakatago
sa lupa ang isang silo; at isang bitag para sa kaniyang
daraanan. 11 Mga kakila-kilabot ang tatakot sa bawat tabi;
siya ay kanilang hahabulin sa kaniyang mga sakong. 12
Ang kaniyang kayamanan ay mapapalitan ng kagutuman,
at ang kalamidad ay magiging handa sa kaniyang tabi. 13
Ang mga bahagi ng kaniyang katawan ay lalamunin; tunay
nga, ang panganay ng kamatayan ang lalamon sa kaniyang
mga bahagi. 14 Siya ay tatanggalin sa kaniyang tolda, ang
tahanan na ngayon ay kaniyang pinagkakatiwalaan; dadalhin
siya sa kamatayan, ang hari ng mga takot. 15 Ang mga
tao na hindi kaniyang pag-aari ay maninirahan sa kaniyang
tolda pagkatapos nilang makita na kumalat ang asupre sa
loob ng kaniyang tahanan. 16 Ang kaniyang mga ugat ay
matutuyo sa ilalim; sa ibabaw ay puputulin ang kaniyang
mga sanga. 17 Ang kaniyang alaala ay mawawala sa lupa;
mawawalan siya ng pangalan sa lansangan. 18 Itutulak siya
mula sa liwanag patungo sa kadiliman at itatapon sa labas
ng mundong ito. 19 Hindi siya magkakaroon ng anak o apo
sa kalagitnaan ng kaniyang bayan, ni anumang natitirang
kaanak ang mananatili kung saan siya natira. 20 Silang
naninirahan sa kanluran ay nanginig sa takot sa kung ano
ang mangyayari sa kaniya isang araw; silang naninirahan sa
silangan ay matatakot sa pamamagitan nito. 21 Tunay na
ganoon ang mga tahanan ng mga hindi matutuwid na tao,
ang mga lugar ng mga taong hindi nakakakilala sa Diyos."

**19** Pagkatapos sumagot si Job at sinabi, 2 "Hanggang
kailan ninyo ako pahihirapan at babasagin ng pira-
piraso na may mga salita? 3 Sampung beses ninyo na akong
pinagsasabihan; hindi kayo nahihiya na pinagmamalupitan
ninyo ako. 4 Kung totoo nga na nagkasala ako, mananatiling
panagutan ko ang aking pagkakamali. 5 Kung totoo nga
na magmamalaki kayo laban sa akin at mapaniwala ang
lahat ng mga tao na nagkasala ako, 6 kung gayon dapat
alam ninyo na ginawan ako ng mali ng Diyos at nahuli ako
sa kaniyang lambat. 7 Tingnan ninyo, sumisigaw ako na
ginawan ako ng mali, pero hindi ako narinig; nanawagan ako
ng tulong, pero walang katarungan. 8 Pinaderan niya ang
aking daanan para hindi ako makatawid, at pinadilim niya
ang aking nilalakaran. 9 Hinubad niya ang aking karangalan,
at kinuha niya ang korona mula sa ulo ko. 10 Giniba niya
ako sa bawat dako, at naglaho na ako; binunot niya ang
aking mga pag-asa katulad ng isang puno. 11 Pinasiklab din
niya ang kaniyang galit laban sa akin; tinuturing niya ako
bilang isa sa kaniyang mga kaaway. 12 Nagtitipon ang mga
hukbo niya, nagtayo sila ng tungtungan na panlusob laban
sa akin at nagkampo sa paligid ng aking tolda. 13 Nilayo
niya mula sa akin ang mga kapatid ko, nilayo niya ako mula
sa aking mga kakilala. 14 Binigo ako ng aking mga kamag-
anak; kinalimutan na ako ng malapit kong mga kaibigan.
15 Ang mga taong minsang tumuloy sa bahay ko bilang
panauhin pati na ang mga lingkod kong babae ay itinuring
akong ibang tao; isa akong dayuhan sa paningin nila. 16
Nananawagan ako sa aking lingkod, pero hindi niya ako
tinutugon kahit na nagmamakaawa ako sa pamamagitan
ng aking bibig. 17 Nakasusulasok sa asawa ko ang aking
paghinga; nakapandidiri ang aking panawagan sa sariling
kong mga kapatid na lalaki at babae. 18 Kahit ang mga bata
ay kinasusuklaman ako; kung babangon ako para magsalita,
pinagsasalitaan nila ako. 19 Kinamumuhian ako ng lahat
ng aking mga kaibigan; tinalikuran ako ng lahat ng mga
minamahal ko. 20 Nakakapit ang mga buto ko sa aking balat
at laman; buto't balat na lamang ang natitira sa akin. 21
Maawa kayo sa akin, maawa kayo sa akin, mga kaibigan
ko, dahil hinawakan ako ng kamay ng Diyos. Bakit ninyo
ako inaapi na parang kayo ang Diyos? 22 Bakit hindi pa
kayo nasisiyahan sa pag-ubos ng laman ko? 23 O, sana ay
maisulat na ngayon ang mga sinasabi ko! O, sana maitala sa
aklat ang mga ito! 24 O, sana ay magpakailanmang maiukit
ito ng bakal na panulat at tingga sa isang bato! 25 Pero
para sa akin, alam ko na nabubuhay ang aking Manunubos,
at balang araw ay tatayo siya sa daigdig; 26 pagkatapos
mawasak ang balat ko, iyon ay, ang aking katawan, saka

makikita ko ang Diyos sa aking pangangatawan. **27** Makikita
ko siya, ako mismo ang makakakita sa kaniya sa aking
tabi; makikita siya ng aking mga mata, at hindi bilang isang
dayuhan. Bibigay ang lamang-loob ko. **28** Kung sinasabi
ninyo, 'Paano natin siya pahihirapan! Nasa kaniya ang ugat
ng kaniyang mga kaguluhan', **29** matakot kayo sa espada,
dahil ang poot ang nagdadala ng kaparusahan ng espada,
para malaman ninyo na mayroong paghahatol."

**20** Pagkatapos sumagot si Zofar ang taga-Naaman, **2**
"Mabilis akong pinapasagot ng aking kaisipan dahil
sa aking pag-aalala. **3** Nakarinig ako mula sa iyo ng isang
pagsaway na nagpahiya sa akin, pero tinutugon ako ng
espiritu na higit sa aking pang-unawa. **4** Hindi mo ba
alam ang katotohanan na ito noong sinaunang panahon,
nang nilagay ng Diyos ang tao sa lupa: **5** saglit lang ang
katagumpayan ng masama, at ang kagalakan ng taong
hindi naniniwala diyos ay hindi nagtatagal? **6** Bagaman
umabot sa kalangitan ang tangkad niya, at umabot ang ulo
niya sa kaulapan, **7** pero maglalaho ang taong iyon katulad
ng kaniyang dumi; sasabihin ng mga nakakita sa kaniya,
'Nasaan siya?' **8** Lilipad siya palayo tulad ng panaginip at
hindi na masusumpungan; itataboy siya palayo katulad ng
pangitain sa gabi. **9** Hindi na siya muling makikita ng mga
mata na nakakita sa kaniya; hindi na siya muling makikita ng
pinanggalingan niya. **10** Hihingi ng kapatawaran ang mga
anak niya sa mga dukha, ibabalik ng mga kamay niya ang
kaniyang kayamanan. **11** Puno ng kasiglahan ang kaniyang
mga buto, pero kasama niya itong hihiga sa kaniya sa
alabok. **12** Bagaman matamis ang kasamaan sa kaniyang
bibig, bagaman itinatago niya ito sa ilalim ng kaniyang dila,
**13** bagaman pinipigilan niya ito at hindi pinapakawalan pero
pinapanatili pa rin ito sa kaniyang bibig— **14** magiging mapait
ang pagkain sa kaniyang bituka, magiging kamandag ito
ng mga ahas sa loob niya. **15** Nilulunok niya ang kaniyang
mga kayamanan, pero isusuka niya ulit ito; palalabasin ito
ng Diyos mula sa kaniyang tiyan. **16** Sisipsipin niya ang
kamandag ng mga ahas; papatayin siya ng dila ng ulupong.
**17** Hindi siya mabubuhay para magalak sa panonood ng
mga ilog at dumadaloy na agos ng pulot at mantikilya. **18**
Pagbabayaran niya ang kaniyang mga pinaghirapan; hindi
niya ito lulunukin; hindi siya magagalak sa kayamanan na
nakuha niya. **19** Dahil inapi niya at pinabayaan ang mga
dukha; sapilitan niyang inagaw ang mga bahay na hindi niya
itinayo. **20** Dahil hindi siya makahanap ng kasiyahan sa
kaniyang sarili, hindi niya maliligtas ang kahit anong bagay
na nagbibigay sa kaniya ng kaligayahan. **21** Walang naiwang
bagay ang hindi niya nilamon; kaya hindi magtatagal ang
kaniyang kasaganaan. **22** Sa kasaganaan ng kaniyang
kayamanan siya ay mahuhulog sa kaguluhan; darating sa
kaniya ang kamay ng lahat ng nasa kahirapan. **23** Kapag
naghahanda na siyang magpakabusog, ibubuhos ng Diyos
ang bagsik ng kaniyang poot sa taong iyon; papaulanin
niya ito sa kaniya habang kumakain siya. **24** Bagaman
tatakas ang taong iyon sa bakal na sandata, patatamaan
siya ng isang tanso na pana. **25** Tatagos ang palaso mula
sa likod niya; tunay nga, lalabas mula sa atay niya ang
kumikinang na dulo nito; katakot-takot na mga bagay ang
darating sa kaniya. **26** Nakalaan ang ganap na kadiliman
para sa kaniyang mga kayamanan; lalamunin siya ng apoy
na hindi naapula; lalamunin nito kung ano ang nalabi sa
kaniyang tolda. **27** Ipapakita ng kalangitan ang kaniyang mga
kasalanan, at babangon ang kalupaan laban sa kaniya bilang
isang saksi. **28** Maglalaho ang kayamanan ng kaniyang
bahay; aanurin ang kaniyang mga kalakal sa araw ng poot
ng Diyos. **29** Ito ang bahagi ng masamang tao mula sa
Diyos, ang pamana ng Diyos na nakalaan para sa kaniya."

**21** Pagkatapos sumagot si Job at sinabing, **2** "Pakinggang
mabuti ang aking sasabihin, at hayaan ninyong maging
tulong ninyo ito sa akin. **3** Pagtiisan ako, at magsasalita
rin ako; pagkatapos kong magsalita, ipagpatuloy ninyo ang
inyong panlalait. **4** Para sa akin, sa tao ba dapat ako
magreklamo? Bakit hindi dapat ako mainip? **5** Tingnan
ninyo ako at mabigla, at ilagay ninyo ang inyong mga
kamay sa inyong mga bibig. **6** Kapag iniisp ko ang aking
mga paghihirap, ako ay nababagabag, at nananaig ang
takot sa aking laman. **7** Bakit patuloy pang nabubuhay
ang masasamang tao, tumatanda, at umaangat ang antas
sa buhay? **8** Natatatag ang mga kaapu-apuhan nila sa
kanilang paningin, at natatatag ang kanilang mga anak
sa harap ng kanilang mga mata. **9** Ligtas ang tahanan
nila mula sa takot; kahit sa pamalo ng Diyos sa kanila.
**10** Nanganganak ang kanilang mga toro, at hindi nabibigo
ang mga ito; nanganganak ang kanilang mga baka at hindi
namamatay ang guya nito dahil sa maagang pagkapanganak
nito. **11** Pinapalaya nila ang kanilang mga anak na parang
mga kawan, at sumasayaw ang mga ito. **12** Umaawit sila
sa tamburin at alpa at nagagalak sa tugtog ng plauta. **13**
Lumilipas ang mga araw nila sa kasaganaan, at tahimik silang
bumababa sa sheol. **(Sheol h7585)** **14** Sinasabi nila sa Diyos,
'Lumayo ka sa amin dahil wala kaming nais na malaman
sa pamamaraan mo. **15** Sino ba ang Makapangyarihan,
na dapat namin siyang sambahin? Anong kapakinabangan
ang makukuha namin kung nagdasal kami sa kaniya?' **16**
Tingnan ninyo, hindi ba nasa mga kamay nila ang kanilang
kasaganaan? Wala akong gagawin sa payo ng masasamang
tao. **17** Gaano kadalas pinapatay ang ilawan ng masasamang
tao, o dumadating ang kapahamakan sa kanila? Gaano
kadalas kinakalat ng Diyos ang kalungkutan sa kanila dahil

sa kaniyang galit? 18 Gaano sila kadalas nagiging katulad ng
putol na halaman sa hangin o tulad ng ipa na tinatangay ng
bagyo? 19 Sinasabi ninyo, 'Nilalaan ng Diyos ang kasalanan
ng tao para pagbayaran ng kaniyang mga anak'. Hayaan mo
siyang pagbayaran ito mismo, para malaman niya kung ano
ang kasalanan niya. 20 Hayaan mong makita ng kaniyang
mga mata ang sarili niyang pagkawasak, at hayaan mong
inumin niya ang poot ng Makapangyarihan. 21 Dahil ano ang
pakialam niya sa kaniyang pamilya kapag naputol na ang
kaniyang mga araw? 22 Mayroon bang makapagtuturo ng
kaalaman sa Diyos dahil siya ang humahatol kahit ng mga
nasa nakatataas? 23 Namamatay ang isang tao habang
malakas pa siya, nang payapa at panatag. 24 Puno ang
katawan niya ng gatas, at matibay ang kaniyang mga buto at
nasa mabuting kalagayan. 25 Ang iba naman ay namamatay
nang may kapaitan sa kaniyang kaluluwa, ang siyang hindi
pa nakararanas ng kahit anong mabuti. 26 Pareho silang
nahihiga sa alikabok; pareho silang binabalutan ng mga
uod. 27 Tingnan ninyo, alam ko ang nasa isip ninyo, alam ko
ang mga paraan kung paano ninyo ako nais hamakin. 28
Dahil sinasabi ninyo, 'Nasaan na ngayon ang tahanan ng
prinsipe? Nasaan na ang tolda na minsang pinapamahayan
ng masama?' 29 Hindi ninyo pa ba tinatanong ang mga
manlalakbay? Hindi ninyo ba alam ang katibayan na kaya
nilang sabihin, 30 na ang masamang tao ay iniingatan mula
sa araw ng kapahamakan, at nilalayo siya mula sa araw ng
poot? 31 Sino ang hahatol sa kaniya nang harapan dahil sa
masasama niyang pamamaraan? Sino ang maghihiganti sa
kaniya dahil sa kaniyang mga ginawa? 32 Pero ililibing siya;
babantayan ng mga tao ang kaniyang puntod. 33 Magiging
matamis sa kaniya ang mga tipak ng lambak; susundan
siya ng lahat ng mga tao, dahil hindi mabilang ang tao na
nauna sa kaniya. 34 Paano ninyo ako ngayon aaliwin sa
pamamagitan ng walang kabuluhan, dahil walang mabuti sa
mga sagot ninyo kung hindi puro kasinungalingan?"

**22** Pagkatapos sumagot si Elifaz ang taga-Teman at
sinabing, 2 "Magiging kagamit-gamit ba ang tao sa
Diyos? Magiging kagamit-gamit ba ang matalino sa kaniya?
3 Kasiyahan ba para sa Makapangyarihan kung ikaw ay
matuwid? Kapakinabangan ba para sa kaniya kung ginawa
mong tuwid ang iyong pamamaraan? 4 Dahil ba sa iyong
paggalang para sa kaniya kaya ka niya sinasaway at dinadala
sa paghuhukom? 5 Hindi ba napakatindi ng kasamaan mo?
Wala bang katapusan ang mga kasalanan mo? 6 Dahil
naningil ka ng pangseguridad mula sa kapatid mong lalaki
nang walang dahilan; hinubaran mo ang isang tao. 7 Hindi
mo binigyan ng tubig na maiinom ang mga nanghihina;
nagdamot ka ng tinapay mula sa mga nagugutom 8 bagaman
ikaw, isang makapangyarihan, ay nagmamay-ari ng mundo,
bagaman ikaw, na taong pinaparangalan, ay namumuhay
dito. 9 Pinaalis mo ang mga balo nang walang dala; nabali
ang mga bisig ng mga walang ama. 10 Kaya, nakapaligid
sa iyo ang mga patibong, at binabagabag ka ng hindi
inaasahang mga takot. 11 Mayroong kadiliman, para hindi ka
makakita; binabalutan ka ng kasaganaan ng mga tubig. 12
Hindi ba't nasa kalangitan ang Diyos? Pagmasdan mo ang
taas ng mga tala, napakataas nila! 13 Sinasabi mo, 'Ano
bang alam ng Diyos? Kaya ba niyang humatol sa makapal
na kadiliman? 14 Binabalutan siya ng makapal na mga ulap,
para hindi niya tayo makita; lumalakad siya sa ibabaw ng arko
ng langit.' 15 Papanatilihin mo ba ang dating daan kung saan
lumakad ang masamang mga tao— 16 ang mga dinampot
palayo sa panahon nila, ang mga tinangay ang pundasyon
katulad ng ilog, 17 ang mga nagsabi sa Diyos, 'Lumayo ka
sa amin'; ang mga nagsabing, 'Ano ba ang kayang gawin ng
Makapangyarihan sa atin?' 18 Pero pinuno niya ang kanilang
mga tahanan ng mabubuting bagay; malayo sa akin ang mga
balak ng mga masama. 19 Nakikita ang kanilang kapalaran
ng mga taong tuwid at nagagalak; pinagtatawanan sila ng
mga taong walang sala para hamakin. 20 Sinasabi nila,
'Siguradong pinuputol ang mga tumayo laban sa atin; tinupok
ng apoy ang kanilang mga pagmamay-ari. 21 Ngayon,
sumang-ayon ka sa Diyos at makipagpayapaan sa kaniya;
sa ganoong paraan, darating sa iyo ang kabutihan. 22
Pakiusap, tanggapin mo ang tagubilin mula sa kaniyang
bibig; ingatan mo ang kaniyang mga salita sa iyong puso. 23
Kung babalik ka sa Makapangyarihan, kung itataboy mo
ang hindi makatuwiran mula sa iyong mga tolda, maitatatag
ka. 24 Ilatag mo ang iyong mga kayamanan sa alikabok,
ang ginto ng Ofir sa gitna ng mga bato ng batis, 25 at
ang Makapangyarihan ang iyong magiging kayamanan at
mahalagang pilak sa iyo. 26 Dahil sa ganoon masisiyahan ka
sa Makapangyarihan; itataas mo ang iyong mukha sa Diyos.
27 Mananalangin ka sa kaniya, at diringgin ka niya; tutuparin
mo ang iyong mga pangako sa kaniya. 28 Mag-uutos ka rin
ng kahit ano, at pagtitibayin ito para sa iyo; magliliwanag
ang ilaw sa iyong daan. 29 Binababa ng Diyos ang mga
mapagmataas, nililigtas niya ang mga nakababa ang mga
mata. 30 Ililigtas niya ang taong walang sala; maliligtas ka
sa pamamagitan ng kalinisan ng iyong mga kamay."

**23** Pagkatapos sumagot si Job at sinabi, 2 "Kahit ngayon
ay mapait ang aking dinadaing; mas mabigat ang
aking paghihirap kaysa sa aking paghihinagpis. 3 O,
sana alam ko kung saan ko siya matatagpuan! O, sana
makalapit ako sa kinaroroonan niya! 4 Ilalatag ko sa kaniyang
harapan ang aking kaso at pupunuin ang aking bibig ng
pangangatwiran. 5 Matututunan ko ang mga salita na
isasagot niya at mauunawaan ko ang sasabihin niya sa

akin. 6 Makikipagtalo ba siya laban sa akin sa kadakilaan ng
kaniyang kapangyarihan? Hindi, pakikinggan niya ako. 7
Doon maaaring makipagtalo sa kaniya ang taong matuwid. Sa
ganitong paraan mapapawalang-sala ako magpakailanman
ng aking hukom. 8 Tingnan ninyo, pumupunta ako pasilangan,
pero wala siya roon, at pumupunta ako pakanluran, pero
hindi ko siya maramdaman. 9 Sa hilaga, kung saan siya
gumagawa, pero hindi ko siya makita, at sa timog, kung
saan niya tinatago ang kaniyang sarili para hindi ko siya
makita. 10 Pero alam niya ang daanan na aking tinatahak;
kapag sinubukan na niya ako, lilitaw ako tulad ng ginto. 11
Nanindigan ang aking mga paa sa kaniyang mga yapak;
pinanatili ko ang pamamaraan niya at hindi lumihis. 12 Hindi
ko tinalikuran ang mga kautusan ng kaniyang mga labi;
iningatan ko sa aking puso ang mga salita ng kaniyang
bibig. 13 Pero kakaiba siya, sino ang kayang magpatalikod
sa kaniya? Kung ano ang ninanais niya, ginagawa niya. 14
Dahil isinasakatuparan niya ang mga atas niya laban sa
akin; marami ang mga tulad nito. 15 Kaya, natatakot ako sa
kaniyang presensiya; kapag iniisip ko siya, natatakot ako sa
kaniya. 16 Dahil pinahina ng Diyos ang aking puso; sinindak
ako ng Makapangyarihan. 17 Hindi dahil sa pinutol ako ng
kadiliman, ni tinatakpan ng makapal na kadiliman ang aking
mukha.

**24** Bakit hindi tinakda ng Makapangyarihan ang panahon
ng paghahatol sa masasamang tao? Bakit hindi nakikita
ng mga tapat sa Diyos ang paparating na panahon ng
kaniyang paghuhukom? 2 Mayroong mga masasama na
tinatanggal ang mga hangganan ng tagamarka; mayroong
mga masasama na pilit kinukuha ang mga kawan at nilalagay
sa sarili nilang mga pastulan. 3 Tinataboy nila ang alagang
asno ng mga taong walang ama; kinukuha nila ang kapong
baka ng balo bilang kasiguraduhan. 4 Pinapalayas nila ang
mga nangangailangan sa kanilang dinaraanan; tinatago ng
mga mahihirap sa mundo ang sarili nila mula sa kanila. 5
Tingnan ninyo, pumupunta ang mga mahihirap na ito sa
kanilang trabaho gaya ng mga ligaw na asno sa ilang,
maingat na naghahanap ng pagkain; marahil pagkakalooban
sila ng pagkain ng Araba para sa kanilang mga anak. 6
Umaani sa gabi ang mga mahihirap sa palayan ng ibang
tao; namumulot sila ng mga ubas mula sa inani ng mga
masasama. 7 Buong gabi silang hubad na nakahiga nang
walang damit; wala silang panakip sa lamig. 8 Basa sila
ng mga ambon ng mga bundok; nahihiga sila sa tabi ng
malalaking bato dahil wala silang masisilungan. 9 Mayroong
masasama na kinukuha ang mga ulila mula sa dibdib ng
kanilang ina, at masasamang tao na kinukuha ang mga
bata bilang kasiguraduhan mula sa mga mahihirap. 10 Pero
naglilibot ang mga mahihirap nang walang damit; bagaman
sila ay nagugutom, dinadala nila ang bungkos ng mga
butil ng iba. 11 Gumagawa ng langis ang mga mahihirap
sa loob ng mga pader ng masasama. Tinatapakan nila
ang pampiga ng ubas ng masasama, pero sila mismo ay
nagdudusa ng kauhawan. 12 Dumadaing ang mga tao sa
lungsod, umiiyak ang mga sugatan, pero hindi pinapansin
ng Diyos ang kanilang mga panalangin. 13 Ang ilan sa
masasama ay naghihimagsik laban sa liwanag; hindi nila
alam ang pamamaraan nito, ni nagpapatuloy sa daan nito.
14 Bumabangon ang mamamatay-tao kasabay ng liwanag;
pinapatay niya ang mahihirap at nangangailangan; sa gabi
ay tulad siya ng magnanakaw. 15 Gayundin, inaabangan ng
mata ng nakikiapid ang takipsilim, sinasabi niya, 'Walang
mata ang makakakita sa akin'. Tinatago niya ang kaniyang
mukha. 16 Sa kadiliman ay nagbubungkal sa loob ng bahay
ang mga masasama; pero kinukulong nila ang kanilang
sarili sa araw; wala silang pakialam sa liwanag. 17 Dahil
ang umaga para sa kanilang lahat ay gaya ng makapal
na kadiliman; maginhawa sila sa mga katakot-takot na
mga bagay sa makapal na kadiliman. 18 Pero, mabilis
silang lumilipas gaya ng bula sa ibabaw ng mga tubig; may
sumpa ang bahagi ng kanilang lupa; walang nagtatrabaho sa
kanilang ubasan. 19 Tinutupok ng tagtuyot at init ang tubig
ng niyebe; gayundin nilalamon ng sheol ang mga nagkasala.
(Sheol h7585) 20 Makakalimutan siya ng sinapupunang nagdala
sa kaniya; matamis siyang kakainin ng mga uod, hindi
na siya maaalala magpakailanman; sa ganitong paraan,
mababali ang kasamaan gaya ng puno. 21 Nilalamon ng
masama ang mga baog na babae na kailanman ay hindi
nanganak; wala siyang ginagawang mabuti sa balo. 22 Pero
tinatangay ng Diyos ang makapangyarihang mga tao sa
pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan; bumabangon siya
at hindi pinalalakas ang kanilang buhay. 23 Hinahayaan ng
Diyos na isipin nila na ligtas sila, at masaya sila roon, pero
ang mata niya ay nasa kanilang mga kinikilos. 24 Tinatanghal
ang mga taong ito; pero, sa ilang sandali lamang, maglalaho
sila; tunay nga, ibababa sila; titipunin sila gaya ng ilan;
mapuputol sila gaya ng dulo ng butil ng palay. 25 Kung hindi
ito totoo, sino ang makapagpapatunay na sinungaling ako;
sino ang makapagpapawalang-bisa ng aking mga salita?”

**25** Pagkatapos sumagot si Bildad ang Suhita at sinabi,
2 “Nasa kaniya ang kapangyarihan at takot; nagtatakda
siya ng kaayusan sa kaniyang mga matataas na lugar sa
langit. 3 May katapusan ba sa bilang ng kaniyang mga
hukbo? Kanino ba hindi sumisikat ang kaniyang liwanag? 4
Kung gayon, paano magiging matuwid ang tao sa Diyos?
Paano ba magiging malinis, katanggap-tanggap sa kaniya,
siya na ipinanganak ng isang babae? 5 Masdan mo, kahit
na ang buwan ay walang liwanag sa kaniya; sa kaniyang

paningin, ang mga bituin ay hindi dalisay. 6 Gaano pa kaya
ang tao, na isa lamang uod — isang anak ng tao, na isang
uod!"

**26** Pagkatapos sumagot si Job at sinabi, 2 Ganoon mo
natulungan ang isang walang kapangyarihan! Ganoon
mo iniligtas ang bisig na walang kalakasan! 3 Ganoon mo
pinayuhan ang isang walang karunungan at ipinahayag
sa kaniya ang tamang kaalaman! 4 Kaninong tulong ang
tinutukoy mo? Kaninong espiritu ang lumabas mula sa
iyo? 5 Tumugon si Bildad, "Ang mga namatay, ang mga
kaluluwa, ay nanginginig, ang mga naninirahan sa ilalim
ng karagatan. 6 Hubad ang Sheol sa harap ng Diyos;
mismong ang pagkawasak ay walang panakip laban sa
kaniya. **(Sheol h7585)** 7 Inuunat niya ang hilaga sa walang
laman na kalawakan at ibinibitin ang daigdig sa gitna ng
kawalan. 8 Binibigkis niya ang mga tubig sa kaniyang mga
makapal na ulap, pero hindi sumasabog ang mga ulap
sa ilalim nila. 9 Tinatakpan niya ang mukha ng buwan at
inilalatag dito ang kaniyang mga ulap. 10 Umukit siya ng
isang pabilog na hangganan sa ibabaw ng mga tubig bilang
guhit sa pagitan ng liwanag at kadiliman. 11 Nanginginig ang
mga haligi ng langit at nabibigla sa kaniyang pagsasaway.
12 Pinakalma niya ang dagat sa pamamagitan ng kaniyang
kapangyarihan; sa pamamagitan ng kaniyang pang-unawa,
winasak niya si Rahab. 13 Sa pamamagitan ng kaniyang
hininga, pinagliwanag niya ang kalangitan mula sa mga
bagyo; ang mga kalangitan ay pinagliwanag mula sa mga
bagyo; sinaksak ng kaniyang kamay ang tumatakas na
ahas. 14 Tingnan mo, ang mga ito ay mga palawit lamang ng
kaniyang mga pamamaraan; kay hinang bulong ang naririing
natin mula sa kaniya! Sino ang makakaunawa sa kulog ng
kaniyang kapangyarihan?

**27** Muling nagsalita si Job at sinabi, 2 Habang nabubuhay
ang Diyos, na siyang nag-alis ng aking katarungan,
ang Makapangyarihan, na may gawa ng kapaitan ko sa
aking buhay, 3 na habang nasa akin pa ang aking buhay at
ang hininga mula sa Diyos ay nasa mga butas ng aking
ilong, 4 tunay nga hindi magsasalita ng hindi matuwid ang
aking mga labi, ni magsasalita ng panlilinlang ang aking dila.
5 Hinding-hindi ko matatanggap na kayo ay tama; hanggang
mamatay ako, hindi ko kailanman itatanggi ang aking dangal.
6 Pinaninindigan ko ang aking pagkamatuwid at hindi ko ito
bibitiwan; hindi ako susumbatan ng aking mga isipan habang
ako ay nabubuhay. 7 Hayaang ang aking kaaway ay maging
tulad ng isang masamang tao; hayaang ang lumalaban
sa akin ay maging tulad ng isang makasalanang tao. 8
Para saan ang pag-asa ng isang taong walang diyos kapag
kinitil siya ng Diyos, kapag kinuha ng Diyos ang kaniyang
buhay? 9 Maririnig ba ng Diyos ang kaniyang iyak kapag
dumating ang kaguluhan sa kaniya? 10 Kaluluguran ba niya
ang Makapangyarihan at tatawag sa Diyos sa lahat ng oras?
11 Ituturo ko sa inyo ang tungkol sa kamay ng Diyos; hindi ko
itatago ang mga isipan ng Makapangyarihan. 12 Tingnan
ninyo, kayong lahat mismo ang nakakita nito; kung gayon
bakit ninyo sinabi ang lahat ng mga walang katuturan na
ito? 13 Ito ang kapalaran na itatakda ng Diyos para sa isang
masamang tao, ang pamana na tinatanggap ng nang-aapi
mula sa Makapangyarihan: 14 Kapag dumami ang kaniyang
mga anak, ito ay para sa tabak; ang kaniyang mga anak ay
hindi kailanman magkakaroon ng sapat na pagkain. 15 Ang
mga mananatiling buhay ay ililibing ng salot, at ang kanilang
mga biyuda ay hindi magluluksa para sa kanila. 16 Kahit
na ang masamang tao ay nagtatambak ng pilak na parang
alikabok, at nagtatamabk ng kasuotan na parang luwad,
17 maaaring magyambak siya ng kasuotan, pero isusuot
ito ng mga matutuwid na tao, at paghahati-hatian ng mga
inosenteng tao ang pilak. 18 Tinatayo niya ang kaniyang
bahay tulad ng isang gagamba, tulad ng isang kubo na
ginagawa ng isang bantay. 19 Mayaman siyang humihiga
sa kama, pero hindi niya laging gagawin ito; imumulat niya
ang kaniyang mga mata, at lahat ng bagay ay wala na. 20
Inaabutan siya ng mga malalaking takot tulad ng tubig sa
baha; tinatangay siya ng isang bagyo sa gabi. 21 Tinatangay
siya ng hanging silangan, at siya ay nawawala; tinatangay
siya nito mula sa kaniyang lugar. 22 Binabayo siya nito nang
walang humpay; sinisikap niyang tumakas mula sa mga
kamay nito. 23 Ipinapalakpak nito ang kaniyang mga kamay
sa kaniya sa pangungutya; sinasagitsit siya nito mula sa
kaniyang lugar.

**28** Tiyak na mayroong isang mina ng pilak, isang lugar
kung saan dinadalisay nila ang ginto. 2 Hinuhukay ang
bakal mula sa lupa; tinutunaw ang tanso mula sa bato. 3
Nagtatakda ang tao ng wakas sa kadiliman at hinahanap sa
pinakamalayong hangganan, ang mga bato sa karimlan at
makapal na kadiliman. 4 Gumagawa siya ng isang hukay
pangminahan malayo sa kung saan naninirahan ang mga tao,
mga lugar na nalimutan ng kaninumang paa. Naglalambitin
siya malayo sa ibang mga tao; pabalik-balik na umiindayog.
5 Tungkol sa lupa, mula kung saan nanggagaling ang tinapay,
tinutupok ito sa ilalim na parang ng apoy. 6 Ang mga bato
nito ay ang lugar kung saan matatagpuan ang mga safiro, at
ang alabok nito ay naglalaman ng ginto. 7 Walang ibong
mahuhuli ang nakakaalam ng landas patungo rito, ni nakita
ito ng mata ng palkon. 8 Hindi pa nalalakaran ang ganitong
landas ng mga mapagmalaking hayop, ni dumaan na doon
ang mabangis na leon. 9 Ipinapatong ng isang tao ang
kaniyang kamay sa matigas na bato; itinataob niya ang

mga bundok sa kanilang mga ugat. 10 Bumubutas siya ng
mga lagusan sa mga bato; nakikita ng kaniyang mata ang
bawat mahahalagang bagay doon. 11 Ginagapos niya ang
mga batis para hindi sila umaagos; anumang nakatago roon
kaniyang dinadala sa liwanag. 12 Saan kaya matatagpuan
ang karunungan? Saan kaya ang lugar ng pang-unawa? 13
Hindi alam ng tao ang halaga nito; ni hindi ito natatagpuan sa
lupain ng mga buhay. 14 Sinasabi ng malalim na mga tubig
sa ilalim ng lupa, "Wala ito sa akin'; Sinasabi ng karagatan,
"Wala ito sa akin.' 15 Hindi ito matatamo kapalit ng ginto;
ni hindi matitimbang ang pilak bilang presyo nito. 16 Hindi
ito matutumbasan ng ginto ng Ofir, ng mahalagang oniks
o safiro. 17 Ang halaga nito ay hindi matutumbasan ng
ginto at kristal; ni hindi ito maipagpapalit sa mga alahas ng
mainam na ginto. 18 Hindi karapat-dapat banggitin ang koral
o haspe; tunay nga, ang presyo ng karunungan ay higit
kaysa sa mga rubi. 19 Hindi ito matutumbasan ng topaz ng
Etiopia; ni hindi ito mapapahalagahan sa purong ginto. 20
Kung gayon, saan nga nagmumula ang karunungan? Saan
ang lugar ng pang-unawa? 21 Natatago ang karunungan
mula sa mga mata ng lahat ng mga buhay na bagay at
pinanatiling nakatago mula sa mga ibon ng mga kalangitan.
22 Sinasabi ng Pagkawasak at Kamatayan, 'Isa lamang
sabi-sabi tungkol dito ang narinig ng aming mga tainga.' 23
Nauunawaan ng Diyos ang landas patungo rito; Alam niya
ang lugar nito. 24 Dahil tumitingin siya hanggang sa mga
pinakadulo ng daigdig at nakikita lahat ng nasa ilalim ng
mga kalangitan. 25 Sa nakaraan, ginawa niya ang pwersa
ng hangin at binaha-bahagi ang mga tubig ayon sa sukat.
26 Gumawa siya ng isang kautusan para sa ulan at isang
landas para sa kidlat ng kulog. 27 Pagkatapos nakita niya
ang karunungan at ipinahayag ito; tunay nga, itinatag niya
ito at sinuri niya ito. 28 Sa mga tao sinabi niya, 'Tingnan
ninyo, ang takot sa Panginoon — iyan ang karunungan; ang
lumayo sa kasamaan ay pang-unawa."

29 Muling nagsalita si Job at sinabi, 2 "O, na ako ay
parang noong mga nakalipas na mga buwan nang
pinapangalagaan ako ng Diyos, 3 nang lumiwanag ang
kaniyang ilawan sa aking ulo, at nang lumakad ako sa
kadilimang ginagabayan ng kaniyang liwanag. 4 O, kung
katulad lang sana ako noong nasa kahinugan pa ng aking
mga araw nang ang pagkakaibigan ng Diyos ay nasa aking
tolda, 5 nang kapiling ko pa ang Makapangyarihan, at
ang aking mga anak ay nakapaligid sa akin, 6 nang ang
aking landas ay umaapaw sa gatas, at ibinubuhos sa akin
ng bato ang mga batis ng langis! 7 Nang lumabas ako
patungo sa tarangkahan ng lungsod, nang naupo ako sa
aking lugar sa plasa, 8 natanaw ako ng mga kabataang
lalaki at pinanatili ang kanilang distansya mula sa akin bilang
tanda ng paggalang, at ang mga matatanda ay tumindig
at tumayo para sa akin. 9 Dati ay itinitigil ng mga prinsipe
ang kanilang usapan kapag dumadating ako; tinatakpan nila
ng kanilang kamay ang kanilang mga bibig. 10 Tumahimik
ang mga boses ng mga maharlilka, at kumapit ang kanilang
dila sa bubong ng kanilang mga bibig. 11 Dahil matapos
akong marinig ng kanilang mga tainga, pagpapalain nila ako;
matapos akong makita ng kanilang mga mata, nagpapatotoo
sila at sumasang-ayon sa akin 12 dahil dati ay sinasagip ko
ang taong mahirap na sumisigaw, pati na ang lahat ng mga
walang ama, na walang sinumang tutulong sa kaniya. 13 Ang
pagpapala ng taong malapit nang masawi ay dumarating sa
akin; dinulot kong kumanta ang puso ng biyuda dahil sa
kagalakan. 14 Sinuot ko ang katuwiran, at dinamitan ako
nito; ang katarungan ko ay tulad ng isang kasuotan at isang
turban. 15 Naging mga mata ako ng mga bulag; naging mga
paa ako ng mga pilay. 16 Naging isang ama ako ng mga
nangangailangan; sinusuri ko ang kaso kahit na ng isang
hindi ko kilala. 17 Binasag ko ang mga panga ng masama;
hinalbot ko ang biktima mula sa pagitan ng kaniyang mga
ngipin. 18 Pagkatapos sinabi ko, "Mamamatay ako sa aking
pugad; pararamihin ko ang aking mga araw tulad ng mga
butil ng buhangin. 19 Umaabot ang aking mga ugat sa mga
tubig, at nasa mga sanga ko ang hamog buong gabi. 20
Ang parangal sa akin ay laging sariwa, at ang pana ng
aking kalakasan ay laging bago sa aking kamay; 21 Sa akin
nakinig ang mga tao; hinintay nila ako; nanatili silang tahimik
para marinig ang aking payo. 22 Matapos kong sabihin
ang aking mga salita, hindi na sila muling nagsalita; ang
aking pananalita ay pumatak sa kanila tulad ng tubig. 23
Lagi nila akong hinihintay na parang paghintay nila sa ulan;
ibinuka nila nang malaki ang kanilang bibig para inumin
ang aking mga salita, gaya ng ginagawa nila para sa ulan
sa panahon ng tag-araw. 24 Ngumiti ako sa kanila nang
hindi nila ito inasahan; hindi nila tinanggihan ang liwanag ng
aking mukha. 25 Pinili ko ang kanilang landas at umupo
bilang kanilang hepe; namuhay akong tulad ng isang hari
sa kaniyang hukbo, tulad ng isang umaaliw sa mga taong
nagdadalamhati sa isang libing.

30 Ngayon ang mga mas nakababata sa akin ay walang
maidulot kundi pangungnutya sa akin - ang mga
kabataang lalaking ito na ang mga ama ay gusto kong
tanggihang magtrabaho katabi ng mga aso sa aking kawan.
2 Tunay nga, ang lakas ng mga kamay ng kanilang mga ama
- paano nito ako matutulungan - mga lalaki na kung saan
ang lakas ng kanilang kaganapan sa gulang ay naglaho
na? 3 Sila ay mga payat dahil sa kahirapan at kagutuman,
ngumangatngat sila sa tuyong lupa sa kadiliman ng ilang
at kapanglawan. 4 Namitas sila ng halaman ng soltwot at

mga dahon ng palumpong; ang mga ugat ng puno ng tambo
ang kanilang pagkain. **5** Pinalayas sila mula sa mga tao na
sumigaw sa kanila na parang isang tao na sinisigawan ang
isang magnanakaw. **6** Kaya kinailangan nilang manirahan sa
ilog lambak, sa mga lungga ng lupa at ng mga bato. **7** Sa
mga palumpong, umungal sila tulad ng mga asno; sa ilalim
ng mga palumpong nagtitipon-tipon sila. **8** Sila ay mga inapo
ng mga hangal; tunay nga, na walang kwentang mga tao;
pinalayas sila sa lupain sa pamamagitan ng mga pamalo. **9**
Pero ngayon, para sa kanilang mga anak, naging paksa ako
ng isang kanta ng pangungutya; tunay nga, naging isang
katatawanan ako sa kanila. **10** Kinasusuklaman nila ako
at hindi lumalapit sa akin; hindi sila nag-aatubiling dumura
sa aking mukha. **11** Dahil tinanggal ng Diyos ang lubid ng
aking pana at pinahirapan ako, kaya sa harapan ko ay
nawawala ang lahat ng pagpipigil sa sarili ng mga taong
ito. **12** Sa aking kanang kamay naghimagsik ang magulong
pulutong ng mga tao; itinaboy nila ako at itinambak laban sa
akin ang kanilang punso ng paglusob. **13** Sinisira nila ang
aking landas; Itinutulak nila ang kapahamakan para sa akin,
mga lalaki na walang sinumang makapipigil. **14** Sinasalakay
nila ako tulad ng isang hukbo sa pamamagitan ng isang
malaking butas sa pader ng lungsod; sa gitna ng pagkawasak
gumulong sila sa akin. **15** Nilukuban ako ng malaking takot;
itinaboy ang aking karangalan na parang ng hangin; naglaho
ang aking kasaganaan na parang isang ulap. **16** Ngayon
ang buhay ko ay ibinubuhos mula sa akin. Hinawakan ako
ng maraming araw ng pagdurusa. **17** Sa gabi sinasaksak
ang aking mga buto sa loob ng aking katawan; ang mga
sakit na nagpapahirap sa akin ay walang kapahingahan.
**18** Hinablot ng malakas na pwersa ng Diyos ang aking
kasuotan; binalutan ako nito tulad ng kwelyo ng aking tunika.
**19** Inihagis niya ako sa putik; Naging tulad ako ng alabok at
mga abo. **20** Umiiyak ako sa iyo, Diyos, pero hindi mo ako
sinasagot; tumatayo ako pero tinitingnan mo lang ako. **21**
Nagbago ka na at naging malupit sa akin; sa kapangyarihan
ng iyong kamay ay pinapahirapan mo ako. **22** Itinaas mo
ako sa hangin at dinulot na tangayin ako nito; tinutunaw
mo ako sa bagyo. **23** Dahil alam kong dadalhin mo ako sa
kamatayan, sa bahay na nakatadhana para sa lahat ng mga
buhay na bagay. **24** Pero, wala bang umaabot ng kaniyang
kamay para humingi ng tulong kapag siya ay bumabagsak?
Wala bang nasa kaguluhan na nagmakaawa para sa tulong?
**25** Hindi ba ako umiyak para sa kaniya na nasa kaguluhan?
Hindi ba ako nagdalamhati para sa taong nangangailangan?
**26** Nang naghanap ako ng kabutihan, ang dumating ay
kasamaan; nang ako ay naghintay para sa liwanag, sa halip
ay dumating ang kadiliman. **27** Naguguluhan ang aking puso
at hindi nagpapahinga; mga araw ng dalamhati ang dumating
sa akin. **28** Patuloy na nangingitim ang aking balat hindi
dahil sa araw; tumatayo ako sa kapulungan at humihingi ng
tulong. **29** Ako ay kapatid ng asong gubat, isang kasama
ng mga ostrich. **30** Maitim ang aking balat at natutuklap;
nasunog sa init ang aking mga buto. **31** Kaya ang aking alpa
ay nakatono para sa mga kanta ng pagluluksa, ang aking
plauta para sa pagkanta ng mga nananaghoy.

**31** Gumawa ako ng tipan sa aking mga mata; paano
kaya ako makakatingin nang may pagnanasa sa
isang birhen? **2** Dahil ano ang gantimpala mula sa Diyos
sa itaas, ang mana mula sa Makapangyarihan na nasa
itaas? **3** Dati ay iniisip ko na ang kalamidad ay para sa
mga makasalanan, na ang kapahamakan ay para sa mga
gumagawa ng kasamaan. **4** Hindi ba nakikita ng Diyos
ang aking mga pamamaraan at binibilang ang lahat ng
aking mga hakbang? **5** Kung ako ay lumakad nang may
kasinungalingan, kung ang paa ko ay nagmadali patungo sa
panlilinlang, **6** (hayaang ako ay timbangin sa isang parehas
na timbangan para malaman ng Diyos ang aking integridad).
**7** kung nalihis mula sa tamang daan ang aking hakbang,
kung sumunod ang aking puso sa aking mga mata, kung
may anumang bahid ng karumihan ang dumikit sa aking mga
kamay, **8** kung gayon hayaang maghasik ako at hayaang
ang iba ang kumain; tunay nga, hayaang bunutin ang ani
mula sa aking bukid. **9** Kung naakit ang aking puso sa ibang
babae, kung ako ay naghintay sa pinto ng aking kapwa
para sa kaniyang asawang babae, **10** kung gayon hayaang
gumiling ng butil ang aking asawa para sa ibang lalaki, at
hayaang sumiping ang ibang mga lalaki sa kaniya. **11** Dahil
iyon ay magiging kakila-kilabot na krimen; tunay nga, iyon
ay magiging isang krimen na parurusahan ng mga hukom.
**12** Dahil iyon ay isang apoy na sumusunog sa lahat ng
bagay para sa sheol at susunugin niyon ang lahat ng aking
mga ani. **13** Kung hindi ko pinansin ang pagsamo para sa
katarungan mula sa aking lalaki o babaeng lingkod nang sila
ay nakipagtalo sa akin, **14** ano kung ganoon ang gagawin
ko kapag tumayo ang Diyos para akusahan ako? Kapag
dumating siya para husgahan ako, paano ko siya sasagutin?
**15** Hindi ba't ginawa rin sila ng siyang gumawa sa akin sa
sinapupunan? Hindi ba't pareho ang nag-iisa na bumuo sa
ating lahat sa sinapupunan? **16** Kung ipinagkait ko ang mga
ninanais ng mga mahihirap, o kung idinulot ko na lumabo
ang mga mata ng mga biyuda dahil sa pag-iyak, **17** o kung
kinain kong mag-isa ang aking pagkain at hindi pinayagang
kumain din nito ang mga walang ama - **18** (sa halip, mula sa
aking pagkabata ang ulila ay lumaki kasama ko parang sa
isang ama, at ginabayan ko ang kaniyang ina, isang biyuda,
mula sa sinapupunan ng sarili kong ina) — **19** kung nakita ko
ang sinuman na namatay dahil sa kakulangan ng pananamit,

o kung nakita ko ang isang nangangailangang tao na walang
pananamit; **20** o kung hindi ako binasbasan ng kaniyang
puso dahil hindi siya nainitan ng balahibo ng aking tupa,
**21** kung iniamba ko ang aking kamay laban sa mga taong
walang ama dahil nakita ko ang pagsuporta para sa akin
sa tarangkahan ng lungsod — **22** kung ganoon hayaang
malaglag ang aking balikat mula sa paypay, at hayaang
ang bisig ko ay mabali mula sa hugpungan. **23** Dahil ang
sakuna mula sa Diyos ay magiging malaking takot sa akin;
dahil sa kaniyang kamahalan, hindi ko kayang gawin ang
mga bagay na ito. **24** Kung ginawa kong aking pag-asa ang
ginto, at kung sinabi ko sa mainam na ginto, 'Sa iyo ako
may tiwala;' **25** Kung ako ay nagalak dahil labis ang aking
kayamanan, dahil kinuha ng aking kamay ang maraming
pag-aari; **26** kung nakita ko ang araw nang ito ay lumiwanag,
o ang buwan na naglalakad sa kaniyang kaliwanagan, **27** at
kung lihim na naakit ang aking puso, kaya hinalikan ng aking
bibig ang aking kamay sa pagsamba sa kanila - **28** ito rin ay
magiging isang krimen na paparusahan ng mga hukom,
sapagkat ikakaila ko sana ang Diyos na nasa itaas. **29** Kung
nagalak ako sa pagkasira ng sinumang namumuhi sa akin at
binati ang aking sarili nang inabutan siya ng sakuna — **30**
(tunay nga, hindi ko pinayagan ang aking bibig na magkasala
sa pamamagitan ng paghingi ng kaniyang buhay gamit
ang isang sumpa) **31** kung hindi kailanman sinabi ng mga
tao sa aking tolda, "Sino ang makakahanap ng isang hindi
nabusog sa pagkain ni Job?" **32** (hindi kailanman kinailangan
ng dayuhan na manatili sa lansangan; sa halip, lagi kong
binubuksan ang aking mga pinto sa manlalakbay) **33** kung,
tulad ng sangkatauhan, itinago ko ang aking mga kasalanan
sa pamamagitan ng pagtatago ng aking kasalanan sa loob
ng aking tunika **34** - dahil kinatakutan ko ang napakaraming
tao, dahil lubha akong natakot sa paghamak ng mga pamilya,
kung kaya't nanahimik ako at hindi lumabas ng aking bahay.
**35** O, kung mayroon lang sanang makikinig sa akin! Tingnan
ninyo, narito ang aking lagda; hayaang sagutin ako ng
Makapangyarihan! Kung nasa akin lang sana ang sakdal na
isinulat ng aking kalaban! **36** Tiyak na lantarang dadalhin
ko ito sa aking balikat; isusuot ko ito nang tulad ng isang
korona. **37** Magpapahayag ako sa kaniya ng isang pagsusulit
ng aking mga hakbang; gaya ng isang prinsipeng malakas
ang loob, lalapitan ko siya. **38** Kung sakaling sumigaw laban
sa akin ang aking lupain, at ang mga daan ng araro nito ay
sama-samang umiyak, **39** kung kinain ko ang ani nito nang
hindi ito binabayaran o naging dahilan na mamatay ang mga
may-ari nito, **40** kung ganoon hayaang tumubo ang mga tinik
sa halip na trigo at damo sa halip na barley." Tapos na ang
mga salita ni Job.

**32** Kaya tumigil sa pagsagot kay Job ang tatlong mga
lalaking ito dahil siya ay matuwid sa sarili niyang
paningin. **2** Pagkatapos sumiklab ang galit ni Elihu anak
ni Baraquel, apo ni Bus ng pamilya ni Ram; sumiklab ito
laban kay Job dahil binigyang katwiran niya ang kaniyang
sarili sa halip na ang Diyos. **3** Sumiklab din ang galit ni
Elihu laban sa tatlo niyang mga kaibigan dahil wala silang
nahanap na sagot kay Job, gayunman hinatulan nila si Job
**4** Ngayon naghintay si Elihu na makapagsalita kay Job dahil
mas matanda sa kaniya ang tatlong ibang lalaki. **5** Pero,
nang nakita ni Elihu na walang sagot sa bibig ng tatlong
mga lalaking ito, sumiklab ang kaniyang galit. **6** Pagkatapos
nagsalita si Elihu na anak ni Baraquel, apo ni Bus at sinabi,
"Bata pa ako, at kayo ay napakatanda na. Iyon ang kung
bakit nagpigil ako at hindi nangahas na sabihin sa inyo ang
aking palagay. **7** Sinabi ko, "Ang haba ng mga araw ay
dapat magsalita; ang maraming mga taon ay dapat magturo
ng karunungan. **8** Pero may espiritu sa isang tao; binibigyan
siya ng pang-unawa ng hininga ng Makapangyarihan. **9** Hindi
lamang ang mga dakilang tao ang marunong, ni ang mga
matatanda lamang ang nakakaunawa ng katarungan. **10**
Dahil dito sinasabi ko sa inyo, "Dinggin ninyo ako; Sasabihin
ko rin sa inyo ang aking kaalaman.' **11** Tingnan ninyo,
naghintay ako para sa inyong mga salita; nakinig ako sa
inyong mga pangangatuwiran habang iniisip ninyo tungkol
sa ano ang sasabihin. **12** Tunay nga, nakinig akong mabuti
sa inyo, pero, tingnan ninyo, wala isa man sa inyo ang
makakumbinsi kay Job o makatugon sa kaniyang mga salita.
**13** Ingatan ninyong huwag sabihing, "Natagpuan namin ang
karunungan! Kailangang daigin ng Diyos si Job; hindi ito
magagawa ng tao lamang. **14** Dahil hindi itinuon ni Job
ang kaniyang mga salita laban sa akin, kaya hindi ko siya
sasagutin gamit ang inyong mga salita. **15** Hindi makaimik
ang tatlong mga lalaking ito; hindi na nila masagot si Job; ni
isang salita ay wala na silang masabi. **16** Dapat ba akong
maghintay dahil hindi sila nagsasalita, dahil nakatayo sila
doon nang tahimik at hindi na sumasagot? **17** Hindi, sasagot
din ako sa aking panig; sasabihin ko rin sa kanila ang aking
nalalaman. **18** Puno ako ng mga salita; itinutulak ako ng
espiritung nasa akin. **19** Tingnan ninyo, ang aking dibdib ay
tulad ng nangangasim na alak na walang singawan; tulad
ng bagong mga sisidlan ng alak, handa nang pumutok. **20**
Magsasalita ako para ako ay maginhawahan; ibubuka ko
ang aking mga labi at sasagot. **21** Hindi ako magpapakita ng
pagtatangi; hindi rin ako magbibigay kaninuman ng titulo ng
panggalang. **22** Dahil hindi ko alam kung paano magbigay ng
ganoong titulo; kung ginawa ko iyon, maaga akong kukunin
ng aking Tagalikha.

33 Kaya ngayon Job, nagmamakaawa ako sa iyo,
pakinggan ang aking sasabihin; makinig ka sa lahat
ng aking mga salita. 2 Tingnan mo ngayon, binuksan ko
ang aking bibig; nagsalita na ang aking dila sa aking bibig.
3 Mga salita ko'y magsasabi ng pagkamatapat ng aking
puso; kung ano ang alam ng aking mga labi, matapat silang
magsasabi sa iyo. 4 Ang Espiritu ng Diyos ang gumawa sa
akin; ang hininga ng Makapangyarihan ang nagbigay buhay
sa akin. 5 Kung kaya mo, sagutin mo ako; ihanda mo ang
iyong sasabihin sa harap ko at tumayo ka. 6 Tingnan mo,
matuwid din ako tulad mo sa paningin ng Diyos; hinulma din
ako mula sa luwad. 7 Tingnan mo, hindi ka matatakot sa
akin; maging ang aking presensya ay hindi rin magiging
mabigat sa iyo. 8 Sa aking pandinig tiyak kang nagsalita;
narinig ko ang tunog ng iyong mga salita na nagsasabi, 9
“Malinis ako at walang pagkakasala; ako ay inosente, at
ako ay walang kasalanan. 10 Tingnan mo, naghanap ng
pagkakataon ang Diyos na lusubin ako; tinuring niya akong
kaaway. 11 Ginapos niya ang aking mga paa sa mga kahoy
na posas; tinitingnan niya lahat ng aking daraanan. 12
Tingnan mo, sasagutin kita; nagkakamali ka sa pagsasabi
nito, dahil ang Diyos ay mas higit kaysa sa tao. 13 Bakit
ka nakikibaka sa kaniya? Hindi niya kailangan ipaliwanag
ang lahat ng kaniyang mga ginagawa. 14 Minsan nang
nagsalita ang Diyos - oo, dalawang beses, bagama't hindi ito
napapansin ng tao. 15 Sa panaginip, sa pangitain sa gabi,
kapag mahimbing na natulog ang mga tao ay dumating, sa
pagkakatulog sa higaan - 16 pagkatapos binubuksan ng
Diyos ang mga tainga ng tao, at tatakutin sila ng mga banta,
17 para hilahin sila mula sa kaniyang makasalanang mga
layunin, at ilayo ang kayabangan sa kaniya. 18 Nilalayo ng
Diyos ang buhay ng tao mula sa hukay, ang buhay niya mula
sa pagtawid sa kamatayan. 19 Pinarurusahan din ang tao ng
may kirot sa kaniyang higaan, na may patuloy na paghihirap
sa kaniyang mga buto, 20 para mapoot ang kaniyang buhay
sa pagkain, at mapoot ang kaniyang kaluluwa sa masasarap
na pagkain. 21 Inubos ang kaniyang laman para hindi na
ito makita; ang kaniyang mga buto na minsan ay hindi na
nakikita, ngayon ay nakalitaw na. 22 Sa katunayan, nalalapit
na sa hukay ang kaniyang kaluluwa, ang kaniyang buhay
sa mga humihiling na wasakin ito. 23 Pero kung mayroong
lamang na anghel na maaaring mamagitan para sa kaniya,
isang tagapamagitan mula sa libi-libong mga anghel, para
ipakita kung ano ang tamang gawin, 24 at kung ang anghel
ay mabait sa kaniya at sasabihin sa Diyos na, “Iligtas mo
ang taong ito mula sa pagbaba sa hukay; nakahanap ako ng
pangtubos para sa kaniya, 25 pagkatapos ang kaniyang
laman ay magiging mas sariwa kaysa sa isang bata; babalik
siya sa mga araw ng kalakasan ng kaniyang kabataan.
26 Mananalangin siya, at magiging mabait ang Diyos sa
kaniya, para makita niya ang mukha ng Diyos nang may
kasiyahan at bibigyan siya ng tagumpay. 27 Pagkatapos
aawit ang taong iyon sa harap ng mga tao at sasabihin,
“Nagkasala ako at binaluktot kung alin ang tama, pero hindi
pinarusahan ang aking kasalanan. 28 Iniligtas ng Diyos
ang aking kaluluwa mula sa pagpunta sa hukay; patuloy
na makikita ng aking buhay ang liwanag.' 29 Tingnan mo,
ginawang lahat ito ng Diyos sa isang tao, dalawang beses,
oo, kahit tatlong beses pa, 30 para makuha ang kaniyang
kaluluwa mula sa hukay, kaya maliliwanagan siya nang
liwanag ng buhay. 31 Bigyang-pansin mo ito Job, at makinig
ka sa akin; tumahimik ka at magsasalita ako. 32 Kung may
sasabihin ka, sagutin mo ako; magsalita ka, dahil hiling ko
na mapatunayan na ikaw ay nasa tama. 33 Kung hindi,
makinig ka sa akin; manatili kang tahimik, at tuturuan kita ng
karunungan.”

34 Higit pa rito, nagpatuloy sa pagsasalita si Elihu; 2
“Makinig ka sa aking mga sasabihin, kayong matatalino;
pakinggan ninyo ako, kayong may kaalaman. 3 Sinusubok
ng tainga ang mga salita, gaya ng dila na tumitikim ng
pagkain. 4 Piliin natin para sa ating sarili kung ano ang
matuwid: alamin natin sa ating mga sarili kung ano ang
tama. 5 Dahil sinabi ni Job, “Ako ay matuwid, pero kinuha
ng Diyos ang aking mga karapatan. 6 Sa kabila ng aking
mga karapatan, itinuring akong isang sinungaling. Walang
lunas ang aking sugat, kahit wala naman akong kasalanan.'
7 Sino ang katulad ni Job, na umiinom ng pangungutya
gaya ng tubig, 8 na sumasama sa mga gumagawa ng
masama, at lumalakad kasama ang masasamang tao? 9
Dahil kaniyang sinabi, “walang pakinabang sa isang tao
ang magalak sa paggawa ng nais ng Diyos.” 10 Kaya
makinig kayo sa akin, kayong mga matatalino: malayong
gawin ng Diyos na gumawa ng kasamaan; malayong gawin
ng Makapangyarihan na magkasala. 11 Dahil kaniyang
binabayaran ang gawa ng isang tao; pinapatanggap niya sila
ng gantimpala sa kanilang sariling mga pamamaraan. 12
Tunay nga na hindi gumagawa ng kasamaan ang Diyos, ni
hindi binabaluktot ng Makapangyarihan ang katarungan. 13
Sino ang nagtalaga sa kaniya na pamahalaan ang buong
mundo? Sino ang naglagay ng buong daigdig sa kaniyang
pamamahala? 14 Kung itatakda lamang ng Diyos ang
kaniyang layunin para sa kaniyang sarili, at kung iipunin
niya pabalik para sa kaniyang sarili ang kaniyang espiritu at
kaniyang hininga, 15 sama-samang mawawala ang lahat ng
laman; babalik muli sa alabok ang sangkatauhan. 16 Kung
mayroon kayong pang-unawa, pakinggan ninyo ito; makinig
kayo sa tunog ng aking mga sasabihin. 17 Kaya bang
mamahala ng taong namumuhi sa katarungan? Hahatulan

mo ba ang Diyos na siyang matuwid at makapangyarihan?
18 Ang Diyos, na nagsasabi sa isang hari, “Ikaw a hamak”, o
sinasabi sa mga maharlika, 'Ikaw ay masama”? 19 Hindi
nagpapakita ang Diyos ng pagtatangi sa mga pinuno at
hindi niya kinikilala ang mayayaman kaysa sa mahirap,
dahil silang lahat ay ginawa ng kaniyang kamay. 20 Sa
isang sandali sila ay namatay; sa hating-gabi mayayanig
ang mga tao at mamamatay; ang mga taong malalakas
ay kukunin, pero hindi sa pamamagitan ng mga kamay ng
tao. 21 Dahil ang mga mata ni Yahweh ay nakatuon sa
pamumuhay ng tao; nakikita niya ang lahat ng hakbang
niya. 22 Walang kadiliman, walang makapal na karimlan
ang makakapagtago sa kanilang sarili sa mga gumagawa
ng kasalanan. 23 Dahil hindi na kailangan ng Diyos na
suriin pa nang maigi ang isang tao; hindi na kailangang
pumunta ng sinuman sa harapan niya para sa paghuhukom.
24 Winawasak niya nang pira-piraso ang mga malalakas
na tao dahil ang kanilang mga pamumuhay ay hindi na
kailangan pang suriin; naglalagay siya ng iba sa kanilang
mga lugar. 25 Sa paraang ito, mayroong siyang kaalaman
sa kanilang mga ginagawa; binabagsak niya ang mga
taong ito sa gabi; sila ay winasak. 26 Sa harapan ng lahat
ng tao, pinatay niya sila dahil sa kanilang masasamang
gawa gaya ng mga kriminal 27 dahil lumayo sila mula sa
pagsunod sa kaniya at tumangging kilalanin ang kaniyang
mga pamamaraan. 28 Sa paraang ito, ginawa nilang ilapit ang
iyak ng mahihirap sa kaniya; pinakinggan niya ang iyak ng
mga taong nahihirapan. 29 Kapag siya ay nanatiling tahimik,
sino ang maaring magparatang sa kaniya? Kung itatago niya
ang kaniyang mukha, sino ang maaring makakakilala sa
kaniya? Namamahala siya sa lahat ng bansa at bawat tao,
30 kaya hindi mamahala ang hindi maka-diyos, kaya walang
ni isa ang mabibitag. 31 Ipagpalagay natin na may taong
nagsabi sa Diyos, “Tiyak akong may sala, pero hindi na ako
magkakasala; 32 ituro mo kung ano ang hindi ko nakikita;
gumawa ako ng kasalanan, pero hindi ko na ito gagawin.”
33 Sa tingin mo parurusahan ng Diyos ang kasalanan ng
taong iyon, dahil sa hindi mo gusto ang ginawa ng Diyos?
Dapat kang mamili, hindi ako. Kaya sabihin mo ang iyong
nalalaman. 34 Sasabihin sa akin ng matatalinong tao - tunay
nga, na sasabihin sa akin ng bawat matatalinong tao na
nakaririnig sa akin, 35 “Nagsasalita si Job nang walang
kaalaman; walang karunungan ang mga sinasabi niya.' 36
Dapat mailagay si Job sa paglilitis sa maliliit na detalye ng
kaniyang kaso dahil nagsasalita siya gaya ng masasamang
tao. 37 Dahil nagdadagdag siya ng pagrerebelde sa kaniyang
kasalanan; pinapalakpak niya ang kaniyang mga kamay
para inisin kami sa aming kalagitnaan; nagsasabi siya ng
mga salita laban sa Diyos.”

**35** Higit pa rito nagpatuloy si Elihu, sinasabing, “ 2 Sa
tingin mo wala kang sala? Iniisip mo ba na, “Mas
matuwid ako kaysa sa Diyos?” 3 Dahil sabi mo, “Ano pang
silbi sakin na matuwid ako? Anong kabutihan ang maidudulot
nito para sa akin, kung mas mabuti pa kung nagkasala
ako?” 4 Sasagutin kita, ikaw at ang iyong mga kaibigan. 5
Tumingala ka sa himpapawid, at tingnan mo ito; tingnan
mo ang himpapawid, na mas mataas kaysa sa iyo. 6 Kung
nagkasala ka, anong pinsala ang nagawa mo sa Diyos?
Kung maipon ang iyong mga kasalanan, ano ang ginagawa
mo sa kaniya? 7 Kung ikaw ay matuwid, ano ang maibibigay
mo sa kaniya? Ano ang matatanggap niya mula sa iyong
kamay? 8 Maaaring makasakit ang iyong kasamaan sa tao,
na katulad mo at maaring pakinabangan ng ibang mga anak
ng tao ang iyong katuwiran. 9 Dahil sa maraming pang-
aapi, umiiyak ang mga tao; tumawag sila ng tulong mula sa
kamay ng mga malalakas na tao. 10 Pero, walang nagsabi,
“Nasaan ang aking Diyos na aking manlilikha, na nagbibigay
ng mga awitin sa gabi, 11 na nagtuturo sa amin na mas
higit sa pagtuturo niya sa mga hayop sa lupa, at ginagawa
kaming mas matalino kaysa sa mga ibon sa himpapawid?'
12 Doon umiyak sila, pero hindi nagbigay ang Diyos ng
kasagutan dahil sa pagmamataas ng mga masasamang
tao. 13 Tiyak na hindi pakikinggan ng Diyos ang iyak ng
isang hangal; hindi papansinin ito ng Makapangyarihan. 14
Paano pa kaya siya sasagot sa iyo kung sinasabi mo na
hindi mo siya nakikita, na nasa harapan niya ang iyong
kaso, at naghihintay ka sa kaniya! 15 Paano pa kaya siya
sasagot sa iyo kung sinasabi mo na kailanman hindi niya
pinarurusahan ang sinuman dahil sa galit, at wala siyang
pakialam sa kayabangan ng mga tao. 16 Kaya binubuksan
lang ni Job ang kaniyang bibig para lamang magsalita ng
kahangalan; marami siyang sinasabi na walang kaalaman.”

**36** Nagpatuloy si Elihu at sinabi, 2 “Hayaan mong
magsalita ako nang kaunti pa, at ipakikita ko sa iyo
ang ilang mga bagay dahil may konti pa akong sasabihin
para ipagtanggol ang Diyos. 3 Marami akong nakuhang
karunungan mula sa malayo; kinilala ko ang katuwiran ng
aking Manlilikha. 4 Sigurado, hindi kasinungalingan ang
aking mga sasabihin; kasama mo ang isang taong matalino.
5 Tingnan mo, ang Diyos ay makapangyarihan, at hindi
namumuhi kaninuman; siya ay makapangyarihan sa lawak
ng kaunawaan. 6 Hindi niya pananatilihin ang buhay ng
masasamang tao sa halip gagawin niya ang nararapat para
sa mga nagdurusa. 7 Hindi niya inaalis ang kaniyang mga
mata sa mga matutuwid na tao sa halip inihahanda sila sa
mga trono gaya ng mga hari, at naitaas sila. 8 Gayunman
kapag nakagapos sila sa kadena, at kung nahuli sila ng
mga lubid ng paghihirap, 9 saka niya ipakikita sa kanila

ang kanilang ginawa - ang kanilang mga kasalanan at kung
paano sila kumilos nang may pagmamataas. 10 Binubuksan
din niya ang kanilang mga tainga para sa kaniyang tagubilin,
at inutusan niya sila na tumalikod mula sa kasalanan.
11 Kung makikinig sila sa kaniya at sasamba sa kaniya,
ilalaan nila ang kanilang mga araw sa kasaganahan, ang
kanilang mga taon sa kaligayahan. 12 Gayon pa man, kung
hindi sila makikinig, mamamatay sila sa pamamagitan ng
espada; mamamatay sila dahil wala silang alam. 13 Ang
mga hindi maka-diyos ay nagkikimkim ng galit sa kanilang
puso; hindi sila humihingi ng tulong kahit na tinatali na
sila ng Diyos. 14 Mamamatay sila sa kanilang kabataan;
magtatapos ang kanilang buhay kasama ang kababaihang
sumasamba sa diyus-diyosan. 15 Inililigtas ng Diyos ang mga
taong naghihirap sa pamamagitan ng kahirapan; binubuksan
niya ang kanilang mga tainga sa pamamagitan ng pang-
aapi sa kanila. 16 Tunay nga na gusto niyang tanggalin
ka mula sa pagkabalisa tungo sa malawak na lugar kung
saan walang paghihirap at kung saan nakahanda ang
iyong hapag na puno ng pagkain na maraming taba. 17
Pero puno ka ng paghatol sa mamasamang tao; hatol at
katarungan ang ginawad sa iyo. 18 Huwag mong hayaan
na maakit ka ng kayamanan sa pandaraya; huwag mong
hayaan na malihis ka mula sa katarungan dahil sa malaking
suhol. 19 May pakinabang ba ang kayaman sa iyo, para
hindi ka na mabalisa, o kaya ba ng buong lakas mo na
tulungan ka? 20 Huwag mong naisin ang gabi, para gumawa
ng kasalanan laban sa iba, kapag nawala na ang mga
tao sa kanilang kinalalagyan. 21 Mag-ingat ka na hindi
ka magkasala dahil sinusubukan ka sa pamamagitan ng
pagdurusa kaya manatili kang malayo mula sa pagkakasala.
22 Tingnan mo, dakila ang kapangyarihan ng Diyos; sinong
tagapagturo ang katulad niya? 23 Sino ang minsang nagturo
tungkol sa kaniyang pamumuhay? Sino ang makapagsasabi
sa kaniya, “Nakagawa ka ng kasamaan?' 24 Alalahanin mo
na purihin ang kaniyang mga ginawa, na kinanta ng mga
tao. 25 Tumingin ang lahat ng tao sa mga ginawa niya, pero
nakita lang nila ang mga gawang ito mula sa malayo. 26
Tingnan mo, dakila ang Diyos, pero hindi namin siya lubos
na maintindihan; hindi mabilang ang kaniyang mga taon. 27
Dahil kinukuha niya ang mga singaw mula sa mga patak ng
tubig para gawing ulan, 28 na binubuhos ng mga ulap at
bumabagsak nang masagana sa sangkatauhan. 29 Tunay
nga, mayroon bang makauunawa ng paggalaw ng mga ulap
at kidlat mula sa kaniyang tolda? 30 Tingnan mo, kinalat niya
ang kaniyang kidlat sa paligid niya; binalot niya ng kadiliman
ang dagat. 31 Sa pamamagitan nito, pinakain niya ang mga
tao at binigyan sila ng masaganang pagkain. 32 Binalot niya
ang kaniyang kamay ng kidlat hanggang sa inutusan sila na
patayin ang kanilang mga target. 33 Ang kanilang ingay ay
naghuhudyat sa mga tao na paparating na ang bagyo; alam
din ng mga baka ang pagdating nito.

**37** Tunay nga, kumakabog dito ang aking dibdib; naalis
ito sa kaniyang kinalalagyan. 2 Pakinggan ang ingay
ng kaniyang tinig, ang tunog na lumalabas mula sa kaniyang
bibig. 3 Pinadadala niya ito sa buong himpapawid, pinadadala
niya ang kaniyang kidlat sa lahat ng dako ng mundo. 4
Isang tinig ang dumadagundong pagkatapos nito; kumulog
ang kaniyang maluwalhating tinig; hindi niya pinipigilan ang
mga kidlat kapag narinig ang kaniyang tinig. 5 Kahanga-
hangang kumukulog ang tinig ng Diyos; gumagawa siya ng
mga kadakilaan na hindi natin maunawaan. 6 Sabi niya sa
niyebe, “Mahulog ka sa lupa'; gaya sa ambon, 'Maging isang
malakas na pagbuhos ng ulan.' 7 Pinatigil niya ang bawat
kamay ng mga tao sa pagtatrabaho, para makita sa lahat
ng tao na kaniyang nilalang ang kaniyang mga ginawa. 8
Pagkatapos, pumunta ang mga hayop sa kanilang taguan at
nanatili sa kanilang mga lungga. 9 Sa timog nagmula ang
bagyo at sa hilaga nagmula ang malamig na hangin. 10 Sa
pamamagitan ng hininga ng Diyos ibinigay ang yelo; nanigas
ang tubig gaya ng bakal. 11 Tunay nga, pinupuno niya ang
makapal na ulap ng tubig; kinakalat niya ang kidlat mula sa
mga ulap. 12 Pinaikot niya ang mga ulap sa pamamagitan
ng kaniyang gabay, para magawa nila ang kahit anong
inuutos niya mula sa ibabaw ng buong daigdig. 13 Ginawa
niya ang lahat ng ito na mangyari; minsan nangyayari ito
para sa pagtatama, minsan para sa lupain, at minsan bilang
mga pagkilos sa katapatan sa tipan. 14 Makinig ka dito Job;
huminto ka at isipin mo ang kamangha-manghang mga
ginawa ng Diyos. 15 Alam mo ba kung papaano pinilit ng
Diyos ang kaniyang kagustuhan sa mga ulap at pinakislap
ang mga kidlat? 16 Naiintindihan mo ba ang paglutang
ng mga ulap, ang kamangha-manghang mga ginawa ng
Diyos, na siyang nakaaalam ng lahat? 17 Naiintindihan mo
ba kung papaano ang iyong mga damit ay natuyo nang
walang mainit na hangin na mula sa timog? 18 Kaya mo
bang palawakin ang himpapawid gaya ng ginawa niya - ang
himpapawid, na kasing tibay ng salaming bakal? 19 Turuan
mo kami kung ano ang sasabihin namin sa kaniya, dahil
hindi namin matanto ang aming mga katuwiran dahil sa
kadiliman ng aming mga pag-iisip. 20 Dapat ko bang sabihin
sa kaniya na nais kung makausap siya? Sinong tao ang nais
malulon? 21 Ngayon, hindi makatingin ang mga tao sa araw
kapag nagliliwanag ito sa himpapawid pagkatapos umihip ng
hangin at nagliwanag ang mga ulap nito. 22 Mula sa hilaga
ang ginintuang kaluwalhatian - dahil sa kagila-gilalas na
kaningningan ng Diyos. 23 Tungkol sa Makapangyarihan,
hindi namin siya makita; dakila ang kaniyang kapangyarihan

at katuwiran. Hindi siya nang-aapi ng mga tao. 24 Kaya,
kinatatakutan siya ng mga tao. Hindi niya pinapansin ang
mga nag-iisip na matalino sila."

**38** Pagkatapos tinawag ni Yahweh si Job sa malakas na
bagyo at sinabi, 2 "Sino itong nagdadala ng kadiliman
sa aking mga plano sa pamamagitan ng mga salita na
walang kaalaman? 3 Talian mo ang iyong baywang gaya ng
isang lalaki dahil magtatanong ako sa iyo, at kailangan mo
akong sagutin. 4 Nasaan ka nang inilatag ko ang pundasyon
ng mundo? Sabihin mo sa akin, kung mayroon kang labis
na kaunawaan. 5 Sino ang nakaaalam ng lawak nito?
Sabihin mo sa akin, kung alam mo. Sino ang nag-unat ng
panukat dito? 6 Saan nakalatag ang mga pundasyon nito?
Sino ang naglatag ng mga panulukang-bato nito 7 nang
magkakasamang kumanta ang mga bituin sa umaga at
sumigaw sa galak ang lahat ng mga anak ng Diyos? 8 Sino
ang nagsara ng dagat gamit ang pinto kapag bumubulwak
ito, na parang lumabas sa sinapupunan - 9 nang ginawa ko
ang mga ulap bilang damit nito, at makapal na kadiliman
bilang mga bigkis nito? 10 Iyon ay noong nilagyan ko ng
tanda ang hangganan ng dagat, at naglagay ako ng mga
rehas at mga pinto, 11 at nang sinabi ko dito, 'Maari kang
pumunta hanggang dito, pero hanggang dito lamang; dito
ko ilalagay ang hangganan ng pagmamalaki ng iyong mga
alon.' 12 Binuksan mo na ba, buhat noong nagsimula ang
iyong mga araw, na magbigay ng utos na magsimula ang
umaga, at idulot ang bukang-liwayway na malaman ang
lugar nito sa takbo ng mundo, 13 para mahawakan nito ang
mga dako ng mundo para yanigin ang mga masasamang
tao? 14 Nagbago ang anyo ng mundo gaya ng luwad na
nagbabago sa ilalim ng tatak; nangingibabaw ang lahat ng
naroroon gaya ng mga tiklop na piraso ng damit. 15 Mula sa
masasamang tao ang kanilang 'liwanag' ay kinuha; sinira
ang nakataas nilang braso. 16 Nakapunta ka na ba sa mga
pinagmumulan ng tubig sa dagat? Nakapaglakad ka na ba
sa pinakamababang bahagi ng kailaliman? 17 Naipakita
na ba sa iyo ang tarangkahan ng kamatayan? Nakita mo
na ba ang mga tarangkahan ng anino ng kamatayan? 18
Naintindihan mo ba ang kalawakan ng mundo? Sabihin mo
sa akin, kung alam mo ang lahat ng ito. 19 Nasaan ang daan
patungo sa kinalalagyan ng liwanag - para sa kadiliman,
saan ito nakalagay? 20 Kaya mo bang dalahin ang liwanag
at kadiliman sa kanilang pinagtatrabahuhan? Kaya mo bang
hanapin ang pabalik sa bahay nila? 21 Siguradong alam mo,
dahil pinanganak ka roon; ang bilang ng iyong mga araw ay
napakahaba! 22 Nakapasok ka na ba sa mga imbakan ng
niyebe, o nakita mo na ba ang mga imbakan ng yelo, 23 ang
mga bagay na itinatago kong ito ay para sa panahon ng
kaguluhan, para sa araw ng labanan at digmaan? 24 Saang
daanan binabahagi ang mga kidlat o saan kinakalat ang mga
hangin mula sa silangan para sa buong mundo? 25 Sino ang
gumawa ng mga agusan ng mga pagbaha ng ulan, o sino
ang gumawa ng mga daanan ng mga dagundong ng kulog,
26 para idulot ito na umulan sa mga lupain kung saan walang
tao ang nabubuhay, at sa ilang, kung saan walang ni isang
tao, 27 para matugunan ang mga pangangailangan ng baog
at malungkot na mga rehiyon, at para pasibulin ang sariwang
damo? 28 May ama ba ang ulan? Sino ang nagbunga ng
mga patak ng hamog? 29 Kaninong sinapupunan galing
ang yelo? Sino ang nagsilang ng puting hamog ng yelo
mula sa himpapawid? 30 Tinago ng mga tubig ang kanilang
mga sarili at naging gaya ng bato; tumigas ang ibabaw ng
kailaliman. 31 Kaya mo bang ikandado ang mga kadena sa
Pleyades, o kalagan ang mga tali ng Orion? 32 Kaya mo
bang patnubayan ang mga bituin para lumitaw sa kanilang
nararapat na mga panahon? Kaya mo bang patnubayan
ang Oso sa kaniyang mga anak? 33 Alam mo ba ang mga
batas sa himpapawid? Kaya mo bang ipatupad ang batas ng
himpapawid sa mundo? 34 Kaya mo bang sumigaw sa mga
ulap, para masaganang bumuhos ang ulan sa iyo? 35 Kaya
mo bang ipadala ang mga kidlat para makalabas sila, na
sasabihin nila sa iyo, 'Narito na kami'? 36 Sino ang naglagay
ng karunungan sa mga ulap o nagbigay ng pang-unawa sa
mga ambon? 37 Sino ang makabibilang ng mga ulap sa
pamamagitan ng kaniyang kahusayan? Sino ang kayang
magbuhos ng tubig sa himpapawid 38 kapag nagsama-sama
ang maraming alikabok at nagkumpulan nang magkakasama
ang tipak ng lupa? 39 Kaya mo bang maghanap ng biktima
para sa babaeng leon o pawiin ang gutom ng mga batang
leon 40 kapag yumuyukyok sila sa kanilang mga lungga at
nakahigang naghihintay sa kanilang taguan? 41 Sino ang
nagbibigay ng biktima sa mga uwak kapag umiiyak ang mga
batang uwak sa Diyos at sumusuray dahil sa kakulangan ng
pagkain?

**39** Alam mo ba kung anong panahon ipinapanganak
ng ligaw na kambing sa mga bato ang kaniyang
anak? Kaya mo bang pagmasdan ang mga usa habang
ipinapanganak nila ang mga batang usa? 2 Kaya mo bang
bilangin ang mga buwan na sila ay nagbubuntis? Alam mo
ba ang panahon na kanilang dinadala ang kanilang mga
anak? 3 Yumuyukod sila at pinapanganak ang kanilang anak,
at pagkatapos winawakasan nila ang kanilang mga sakit
sa panganganak. 4 Ang kanilang mga anak ay lumalakas
at lumalaki sa mga damuhan; lumalabas sila at hindi na
bumabalik muli. 5 Sino ang nagpalaya sa ligaw na asno?
Sino ang nagkalag sa mga gapos ng mabilis na asno, 6 na
ang tahanan ay ginawa ko sa Araba, ang kaniyang bahay sa
asin na lupain? 7 Tumatawa siya nang may panghahamak

sa mga ingay sa lungsod; hindi niya naririnig ang mga
sigaw ng kutsero. 8 Gumagala siya sa mga bundok bilang
kaniyang pastulan; doon siya humahanap ng mga luntiang
halaman para kainin. 9 Masaya bang maglilingkod sa iyo ang
mabangis na toro? Pahihintulutan niya bang manatili sa iyong
sabsaban? 10 Gamit ang lubid, kaya mo bang pasunurin ang
mabangis na toro para mag-araro ng mga tudling? Susuyurin
niya ba ang mga lambak para sa iyo? 11 Magtitiwala ka
ba sa kaniya dahil kahanga-hanga ang kaniyang lakas?
Iiwan mo ba sa kaniya para gawin ang iyong tungkulin? 12
Aasahan mo ba siyang dadalhin sa bahay ang iyong butil na
titipunin para sa iyong giikan? 13 Ang mga pakpak ng ostrich
ay nagmamalaking pumapagaspas, pero sila ba ang mga
pakpak at balahibo ng pag-ibig? 14 Dahil iniiwan niya ang
kaniyang mga itlog sa lupa, at hinahayaan niyang malimliman
sila sa alikabok; 15 nalilimutan niyang maaari silang madurog
ng paa o maapakan ng isang mabangis na hayop. 16
Magaspang ang kaniyang pakikitungo sa kanila na parang
sila ay hindi kaniya; hindi siya natatakot na ang kaniyang
hirap ay mawalan ng kabuluhan, 17 dahil pinagkaitan siya
ng Diyos ng karunungan at hindi siya binigyan ng anumang
pang-unawa. 18 Kapag mabilis siyang tumatakbo, tumatawa
siya sa panlilibak sa kabayo at sa sakay nito. 19 Binigyan mo
ba ng lakas ang kabayo? Dinamitan mo ba ang leeg niya ng
kaniyang malambot na buhok? 20 Napatalon mo na ba siya
na parang balang? Ang katanyagan ng kaniyang pagsinghal
ay nakakatakot. 21 Yumayabag siya sa kapangyarihan at
nagagalak sa kaniyang kalakasan; tumatakbo siya nang
mabilis para salubungin ang mga sandata. 22 Kinukutya niya
ang takot at hindi nasisiraan ng loob; hindi siya umaatras sa
espada. 23 Ang suksukan ng mga palaso ay kumakalampag
sa kaniyang tagiliran, kasama ang kumikintab na sibat at
dyabelin. 24 Nilulunok niya ang lupa nang may bagsik at
matinding galit; sa tunog ng trumpeta, hindi siya makatayo
sa isang lugar. 25 Tuwing tutunog ang trumpeta, sinasabi
niyang, 'Aha!' Naaamoy niya ang labanan sa malayo—
ang dumadagundong na mga sigaw ng mga kumander at
mga hiyawan. 26 Sa pamamagitan ba ng karunungan mo
nakakalipad ang lawin, na inuunat niya ang kaniyang mga
pakpak papuntang timog? 27 Sa mga utos mo ba umaakyat
ang agila at gumagawa ng kaniyang pugad sa matataas
na lugar? 28 Naninirahan siya sa mga bangin at ginagawa
ang kaniyang tahanan sa mga tuktok ng mga bangin, isang
matibay na tanggulan. 29 Mula roon naghahanap siya ng
mga biktima; nakikita sila ng kaniyang mga mata mula sa
malayo. 30 Ang kaniyang anak ay umiinom din ng dugo;
kung nasaan ang mga taong pinatay, naroon siya."

40 Patuloy na kinausap ni Yahweh si Job; sinabi niya, 2
"Dapat bang itama ang Makapangyarihan ng sinumang
naghahangad na magbatikos? Siya na nakikipagtalo sa
Diyos, hayaan siyang sumagot." 3 Pagkatapos sumagot
si Job kay Yahweh at sinabing, 4 "Tingnan mo, ako ay
walang halaga; paano kita sasagutin? Nilagay ko ang kamay
ko sa aking bibig. 5 Minsan akong nagsalita, at hindi ako
sasagot; sa katunayan, dalawang beses, pero hindi na ako
magpapatuloy." 6 Pagkatapos sumagot si Yahweh kay Job
sa isang malakas na bagyo at sinabing, 7 "Ngayon, bigkisin
mo ang iyong damit bilang isang tunay na lalaki, dahil
tatanungin kita, at dapat mo akong sagutin. 8 Sasabihin
mo ba talaga na hindi ako makatarungan? Hahatulan mo
ba ako para masabi mong tama ka? 9 Mayroon ka bang
bisig na katulad ng sa Diyos? Kaya mo bang magpakulog sa
boses na katulad ng sa kaniya? 10 Ngayon damitan mo ang
iyong sarili ng kaluwalhatian at dignidad; gayakan mo ang
iyong sarili ng karangalan at karangyaan. 11 Ikalat mo ang
labis sa iyong galit; tingnan mo ang bawat isang mayabang
at ibagsak siya. 12 Tingnan mo ang lahat ng mayabang at
pabagsakin mo siya; tapakan mo ang mga masasamang
tao kung saan sila nakatayo. 13 Sama-sama mo silang
ilibing sa lupa; ikulong mo ang kanilang mga mukha sa
isang liblib na lugar. 14 Pagkatapos kikilalanin ko rin ang
tungkol sa iyo na ang iyong sariling kanang kamay ay kaya
kang maligtas. 15 Masdan mo ngayon ang dambuhalang
hayop, na ginawa ko na katulad ng paggawa ko sa iyo;
kumakain siya ng damo katulad ng toro. 16 Tingnan mo
ngayon, ang kaniyang kalakasan ay nasa kaniyang mga
hita; ang kaniyang kapangyarihan ay nasa kalamnan ng
kaniyang tiyan. 17 Ginagalaw niya ang kaniyang buntot
na parang sedar; ang kalamnan ng kaniyang mga hita ay
magkakarugtong. 18 Ang kaniyang mga buto ay parang
mga tubo ng tanso; ang kaniyang mga binti ay parang mga
rehas ng bakal. 19 Siya ang puno ng mga nilikha ng Diyos.
Tanging ang Diyos, na gumawa sa kaniya, ang makatatalo
sa kaniya. 20 Dahil ang mga burol ay nagbibigay sa kaniya
ng pagkain; ang mga hayop sa damuhan ay naglalaro sa
malapit. 21 Nahihiga siya sa ilalim ng mga halamang tubig
sa silungan ng mga talahib, sa putikan. 22 Tinatakpan siya
ng mga halamang tubig gamit ang kanilang lilim; ang mga
puno sa batis ay nakapaligid sa kaniya. 23 Tingnan mo,
kung umapaw ang ilog sa mga pampang nito, hindi siya
nanginginig; panatag siya, kahit na ang Ilog Jordan ay
umapaw hanggang sa nguso niya. 24 Kaya ba ng sinuman
na hulihin siya gamit ang isang kawit, o butasin ang ilong
niya gamit ang patibong?

41 Kaya mo bang palabasin ang leviatan gamit ang
kawit sa pangingisda? O igapos ang mga panga niya
gamit ang tali? 2 Kaya mo bang maglagay ng lubid sa
ilong niya, o butasin ang panga niya gamit ang kawit? 3

Magsusumamo ba siya sa iyo nang paulit-ulit? Magsasabi
ba siya ng mga malumanay na salita sa iyo? **4** Gagawa
ba siya ng kasunduan sa iyo, na dapat mo siyang gawing
alipin magpakailanman? **5** Makikipaglaro ka ba sa kaniya
nang katulad sa ibon? Itatali mo ba siya para sa iyong
mga aliping babae? **6** Tatawad ba ang mga pangkat ng
mga mangingisda para sa kaniya? Hahatiin ba nila siya
para makipagkalakalan sa mga mangangalakal? **7** Kaya
mo bang punuin ang tagiliran niya ng mga salapang o ang
ulo niya ng mga sibat sa pangingisda? **8** Ilagay mo ang
iyong kamay sa kaniya minsan lamang, at maaalala mo ang
labanan at hindi na ito gagawin. **9** Tingnan mo, ang pag-
asa ng sinumang ginagawa iyon ay kasinungalingan; hindi
ba mapapatirapa sa lupa sa pagtingin lamang sa kaniya?
**10** Walang matapang na maglalakas-loob na pukawin ang
leviatan; sino ngayon, ang makatatayo sa harap ko? **11** Sino
ang unang nagbigay sa akin ng anumang bagay na dapat ko
siyang bayaran pabalik? Anuman ang nasa ilalim ng buong
kalangitan ay sa akin. **12** Hindi ako mananahimik tungkol
sa mga binti ng leviatan, maging ang tungkol sa kaniyang
kalakasan, maging ang kaniyang kaaya-ayang anyo. **13**
Sino ang makatatanggal ng kaniyang panlabas na takip?
Sino ang makapapasok sa kaniyang dobleng baluti? **14** Sino
ang makapagbubukas ng mga pinto ng kaniyang mukha—
napalilibutan ng kaniyang mga ngipin na kakila-kilabot? **15**
Ang kaniyang likod ay gawa sa mga hanay ng mga kalasag,
magkakalapit na katulad ng saradong selyo. **16** Magkalapit
sila sa isa't isa na walang hangin na nakapapasok sa gitna
nila. **17** Magkadugtong sila; magkadikit sila, para hindi
sila mapaghihiwalay. **18** Kumikislap ang liwanag mula sa
kaniyang pagsinghal; ang kaniyang mga mata ay tulad ng
talukap ng bukang-liwayway. **19** Mula sa bibig niya ay mga
nag-aapoy na sulo, ang mga kislap ng apoy ay nagtatalsikan.
**20** Mula sa mga butas ng kaniyang ilong ay usok katulad ng
kumukulong palayok sa apoy na pinaypayan para maging
sobrang init. **21** Ang kaniyang hininga ay sinisindihan ng mga
uling para lumagablab; apoy ang lumalabas sa bibig niya. **22**
Kalakasan ang nasa leeg niya, at sumasayaw ang takot sa
harap niya. **23** Magkakadugtong ang mga tupi ng kaniyang
laman; nakakapit sila sa kaniya; hindi sila magagalaw. **24**
Ang kaniyang puso ay kasing tigas ng bato— sa katunayan,
kasing tigas ng batong gilingan. **25** Kapag tinataas niya ang
kaniyang sarili, kahit ang mga diyos ay natatakot; dahil sa
takot, umaatras sila. **26** Kung tatamaan siya ng espada, wala
itong magagawa— at maging ang sibat, palaso at iba pang
matulis na sandata. **27** Ang tingin niya sa bakal ay parang
dayami, at sa tanso ay parang bulok na kahoy. **28** Hindi siya
mapapatakbo ng palaso; sa kaniya ang mga bato ng tirador
ay nagiging ipa. **29** Ang mga pamalo ay parang dayami;
pinagtatawanan niya ang sumusuray na paglipad ng sibat.
**30** Ang kaniyang mga pambabang bahagi ay tulad ng mga
matatalim na piraso ng basag na palayok; iniiwan niya ang
malaking bakas sa putik na para siyang karetang giikan. **31**
Pinabubula niya ang kailaliman katulad ng kumukulong tubig
sa palayok; ginagawa niya ang dagat na parang palayok ng
pamahid. **32** Pinakikinang niya ang landas na dinaanan niya;
iisipin ng isang tao na ang kailaliman ay puti. **33** Sa lupa ay
walang makapapantay sa kaniya, na ginawa para mamuhay
nang walang takot. **34** Nakikita niya ang lahat ng mayabang;
siya ang hari ng lahat ng mga anak ng kayabangan."

**42** Pagkatapos sumagot si Job kay Yahweh at sinabing,
**2** "Alam kong kaya mong gawin ang lahat ng bagay,
na wala kang layunin na mapipigilan. **3** Tinanong mo ako,
'Sino ba itong walang nalalaman na nagdadala ng kadiliman
sa aking mga plano?' Kaya sinabi ako ang mga bagay
na hindi ko naintindihan, mga bagay na napakahirap para
maunawaan ko, na hindi ko alam. **4** Sinabi mo sa akin,
'Makinig ka, ngayon, at magsasalita ako; magtatanong ako sa
iyo ng mga bagay, at sasabihin mo sa akin.' **5** Narinig ko na
ang tungkol sa iyo sa pandinig ng aking tainga, pero ngayon
nakikita ka na ng aking mata. **6** Kaya kinamumuhian ko ang
sarili ko; nagsisisi ako sa alikabok at abo." **7** Mangyaring
pagkatapos niyang sabihin ang mga salitang ito kay Job,
sinabi ni Yahweh kay Elifaz ang Temaneo, "Ang aking poot
ay sumiklab laban sa iyo at laban sa dalawa mong kaibigan
dahil hindi ninyo sinabi ang mga katotohanan tungkol sa
akin katulad ng ginawa ng aking lingkod na si Job. **8** Kaya
ngayon, kumuha kayo ng pitong toro at pitong tupa, pumunta
kayo sa aking lingkod na si Job, at mag-alay ng handog na
susunugin. Ang aking lingkod na si Job ay ipapanalangin
kayo, at tatanggapin ko ang kaniyang panalangin, para hindi
ko kayo parusahan dahil sa inyong kamangmangan. Hindi
ninyo sinabi ang totoo tungkol sa akin, katulad ng ginawa ng
aking lingkod na si Job." **9** Kaya sila Elifaz ang Temaneo,
Bildad na Suhita, at Zofar ang Naamita ay umalis at ginawa
kung ano ang inutos ni Yahweh sa kanila, at tinanggap ni
Yahweh si Job. **10** Nang ipinanalangin ni Job ang kaniyang
mga kaibigan, ibinalik ni Yahweh ang yaman niya. Binigay ni
Yahweh ang doble ng kung ano ang pag-aari niya dati. **11**
Pagkatapos lahat ng kapatid na lalaki ni Job, at lahat ng
kaniyang kapatid na babae, at lahat silang naging kasama
niya dati—pumunta sila sa kaniya at kumain sa bahay niya.
Nakidalamhati sila sa kaniya at inaliw siya dahil sa lahat ng
mga sakuna na dinala sa kaniya ni Yahweh. Ang bawat isa
ay binigyan si Job ng piraso ng pilak at gintong singsing. **12**
Mas pinagpala ni Yahweh ang huling bahagi ng buhay ni Job
kaysa sa una; nagkaroon siya ng labing-apat na libong tupa,
anim na libong kamelyo, isang libong pamatok ng baka, at

isang libong babaeng asno. 13 Nagkaroon din siya ng pitong
anak na lalaki at tatlong anak na babae. 14 Pinangalanan
niya ang unang anak na babae na Jemima, ang pangalawa
Kezia, at ang pangatlo Keren-hapuc. 15 Sa buong lupain,
walang babae ang matatagpuang kasing ganda ng mga
anak ni Job. Binigyan sila ni Job ng pamana kasama ng
kanilang mga kapatid na lalaki. 16 Pagkatapos nito, nabuhay
pa si Job ng 140 taon; nakita niya ang kaniyang mga anak
na lalaki at ang mga anak ng mga anak niya, hanggang
sa apat na salinlahi. 17 Pagkatapos namatay si Job, sa
katandaan at puspos ng mga kaarawan.

# Mga Awit

1 Mapalad ang taong hindi lumalakad sa payo ng masama,
o tumatayo sa daanan kasama ang mga makasalanan,
o umuupo sa kapulungan ng mga nangungutya. 2 Pero
ang kaniyang kagalakan ay nasa batas ni Yahweh, at sa
kaniyang batas, nagbubulay-bulay siya araw at gabi. 3 Siya
ay matutulad sa isang puno na nakatanim malapit sa mga
batis ng tubig na namumunga sa panahon nito, na ang mga
dahon ay hindi nalalanta; anuman ang kaniyang gawin ay
sasagana. 4 Ang mga masasama ay hindi katulad nito,
sa halip (sila) ay katulad ng ipa na tinatangay ng hangin.
5 Kaya ang masama ay hindi makatatayo sa paghahatol,
maging ang mga makasalanan sa kapulungan ng matuwid.
6 Dahil sinasang-ayunan ni Yahweh ang daanan ng matuwid,
pero ang daanan ng masama ay mapupuksa.

2 Bakit naghihimagsik ang mga bansa, at ang mga tao
ay nagsasabwatan nang walang kabuluhan? 2 Ang mga
hari ng lupa ay nagsasama-sama at ang mga namamahala
ay nagsasabwatan laban kay Yahweh at laban sa kaniyang
Mesias, sinasabing, 3 "Tanggalin natin ang mga posas na
nilagay nila sa atin at itapon ang kanilang mga kadena." 4
Siya na nakaupo sa kalangitan ay hahamakin (sila) kinukutya
(sila) ng Panginoon. 5 Pagkatapos, kakausapin niya (sila) sa
kaniyang galit at tatakutin (sila) sa kaniyang poot, sinasabing,
6 "Ako mismo ang naghirang sa aking hari sa Sion, ang
aking banal na bundok." 7 Ihahayag ko ang kautusan ni
Yahweh. Sinabi niya sa akin, "Ikaw ay aking anak! Ngayong
araw, ako ay naging iyong ama. 8 Hilingin mo sa akin,
at ibibigay ko sa iyo ang mga bansa para sa iyong mana
at ang pinakamalalayong mga bahagi ng lupain para sa
iyong pag-aari. 9 Wawasakin mo (sila) gamit ang isang
bakal na setro; dudurugin mo (sila) tulad ng isang banga ng
magpapalayok." 10 Kaya ngayon, kayong mga hari, maging
maingat; magpatuwid kayong mga namamahala sa mundo.
11 Sambahin si Yahweh nang may takot at magdiwang
nang may panginginig. 12 Ibigay ang totoong katapatan sa
kaniyang anak para hindi siya magalit sa inyo, at para hindi
kayo mamatay kapag mabilis na sumiklab ang kaniyang
galit. Mapalad ang lahat ng kumukubli sa kaniya.

3 Yahweh, napakarami ng aking mga kaaway! Marami ang
tumalikod at nilusob ako. 2 Maraming nagsasabi tungkol
sa akin, "Walang tulong mula sa Diyos na darating para sa
kaniya." (Selah) 3 Pero ikaw, Yahweh, ay isang kalasag sa
aking paligid, aking kaluwalhatian, at ang siyang nag-aangat
ng aking ulo. 4 Tinataas ko ang aking tinig kay Yahweh, at
sinasagot niya ako mula sa kaniyang banal na burol. (Selah)
5 Nahiga ako at natulog; nagising ako, dahil inalagaan ako ni
Yahweh. 6 Hindi ako matatakot sa maraming tao sa bawat
dako na inihanda ang kanilang mga sarili laban sa akin. 7
Bumangon ka, Yahweh! Iligtas mo ako, aking Diyos! Dahil
sasaktan mo ang lahat ng aking mga kalaban sa panga;
sisirain mo ang mga ngipin ng masasama. 8 Ang kaligtasan
ay nanggagaling kay Yahweh. Nawa makamit ang iyong
mga pagpapala ng iyong bayan. (Selah)

4 Tumugon ka kapag ako ay nananawagan, Diyos ng
aking katuwiran; bigyan mo ako ng silid kapag ako
ay napapalibutan. Kaawaan mo ako at makinig ka sa
aking panalangin. 2 Kayong mga tao, gaano ninyo katagal
papalitan ang aking karangalan ng kahihiyan? Gaano ninyo
katagal mamahalin ang mga walang halaga at maghahangad
ng mga kasinungalingan? (Selah) 3 Pero alamin ninyo
na hinihiwalay ni Yahweh ang mga maka-Diyos para sa
kaniyang sarili. Didinig si Yahweh kapag tumatawag ako
sa kaniya. 4 Manginig kayo sa takot, pero huwag kayong
magkasala! Magnilay-nilay sa inyong puso sa inyong higaan
at manahimik. (Selah) 5 Ihandog ang mga alay ng katuwiran
at ilagay ang inyong tiwala kay Yahweh. 6 Maraming
nagsasabi, "Sino ang magpapakita ng anumang kabutihan
sa atin?" Yahweh, itaas mo ang liwanag ng iyong mukha
sa amin. 7 Binigyan mo ang aking puso ng higit na
kagalakan kaysa sa iba tuwing sumasagana ang kanilang
mga butil at bagong alak. 8 Sa kapayapaan, ako ay hihiga at
matutulog, dahil tanging ikaw, Yahweh, ang nagliligtas at
nagpapatiwasay sa akin.

5 Makinig ka sa aking panawagan sa iyo, Yahweh; isipin
mo ang aking mga daing. 2 Makinig ka sa tunog ng
aking panawagan, aking Hari at aking Diyos, dahil sa iyo
ako nananalangin. 3 Yahweh, sa umaga naririnig mo ang
aking iyak; sa umaga dadalhin ko ang aking kahilingan sa
iyo at maghihintay nang may pananabik. 4 Tiyak ngang hindi
ka ang Diyos na pinahihintulutan ang kasamaan; ang mga
masasamang tao ay hindi mo magiging mga panauhin. 5 Ang
mayabang ay hindi tatayo sa harapan mo; kinamumuhian
mo ang lahat nang kumikilos nang masama. 6 Wawasakin
mo ang mga sinungaling; hinahamak ni Yahweh ang mga
mararahas at mandarayang mga tao. 7 Pero para sa akin,
dahil sa iyong dakilang katapatan sa tipan, papasok ako
sa iyong tahanan; sa paggalang, ako ay yuyuko sa dako
ng iyong banal na templo. 8 O Panginoon, akayin mo
ako sa iyong katuwiran dahil sa aking mga kaaway; gawin
mong tuwid ang iyong landas sa harap ko. 9 Dahil walang
katotohanan sa kanilang bibig; ang kanilang panloob na
pagkatao ay masama; ang kanilang lalamunan ay isang
bukas na libingan; nang-uuto (sila) gamit ang kanilang dila.
10 Ihayag mong (sila) ay may sala, O Diyos; nawa ang

kanilang mga balakin ang magpabagsak sa kanila! Itaboy
mo (sila) dahil sa maraming kasalanan nila, dahil (sila) ay
sumuway laban sa iyo. **11** Pero nawa ang lahat ng kumukubli
sa iyo ay magalak; hayaan mo silang laging sumigaw sa
galak dahil ipinagtatanggol mo (sila) hayaan mo silang
magalak sa iyo, (sila) na nagmamahal sa iyong pangalan. **12**
Dahil pagpapalain mo ang matuwid, Yahweh; palilibutan mo
(sila) ng pagpapala tulad ng isang kalasag.

**6** Yahweh, huwag mo akong sawayin sa iyong galit o ituwid
sa iyong poot. **2** Maawa ka sa akin, Yahweh, dahil mahina
ako; pagalingin mo ako, Yahweh, dahil nanginginig ang aking
mga buto. **3** Labis ding nababagabag ang aking kaluluwa.
Pero ikaw, Yahweh—hanggang kailan ito magpapatuloy? **4**
Bumalik ka, Yahweh! Sagipin mo ako. Iligtas mo ako dahil
sa iyong katapatan sa tipan! **5** Dahil walang ala-ala tungkol
sa iyo sa kamatayan. Sino ang magbibigay ng pasasalamat
sa iyo sa sheol? **(Sheol h7585)** **6** Pagod na ako sa aking
paghihinagpis. Buong gabi kong binabasa ng luha ang
aking higaan; hinuhugasan ko ng luha ang aking upuan.
**7** Lumalabo ang aking mga mata dahil sa kalungkutan;
nanghihina ang mga ito dahil sa aking mga kaaway. **8**
Lumayo kayo sa akin, kayo na gumagawa ng kasalanan;
dahil narinig ni Yahweh ang ingay ng aking pagtangis. **9**
Narinig ni Yahweh ang aking pagmamakaawa; tinanggap ni
Yahweh ang aking panalangin. **10** Lahat ng mga kaaway ko
ay mapapahiya at labis na mababalisa. Aatras (sila) at agad
silang hahamakin.

**7** Yahweh aking Diyos, sa iyo ako kumukubli! Iligtas mo
ako mula sa lahat ng humahabol sa akin, at iyong
sagipin. **2** Kung hindi, gugutay-gutayin nila ako tulad ng
leon, luluray-lurayin ako ng pira-piraso nang walang sinuman
ang makakapagligtas sa akin. **3** Yahweh aking Diyos,
kailanman ay hindi ko ginawa ang ibinibintang sa akin
ng mga kaaway ko; walang kawalan ng katarungan sa
mga kamay ko. **4** Hindi ako kailanman gumawa ng mali
sa mga taong may kapayapaan sa akin, o sinaktan nang
walang katuturan ang mga laban sa akin. **5** Kung hindi ako
nagsasabi ng katotohanan hayaan mong habulin ng aking
kaaway ang buhay ko at sagasaan ako; hayaan mo siyang
tapak-tapakan ang katawan ko sa lupa at iwanan akong
nakahiga sa kahihiyan sa alikabok. (Selah) **6** Bumangon
ka, Yahweh, sa iyong galit; tumayo ka laban sa matinding
galit ng mga kaaway ko; gumising ka para sa kapakanan ko
at isakatuparan ang makatuwirang mga kautusan para sa
kanila. **7** Ang mga bansa ay nagsama-sama sa paligid mo;
bawiin mong muli mula sa kanila ang lugar na nararapat sa
iyo. **8** Yahweh, hatulan mo ang mga bansa; ipawalang-sala
mo ako, Yahweh, dahil ako ay matuwid at walang kasalanan,
Kataas-taasan. **9** Nawa dumating na sa katapusan ang
mga gawain ng mga masasamang tao, pero patatagin mo
ang mga taong matuwid, makatuwirang Diyos, ikaw na
sumisiyasat ng mga puso at mga isipan. **10** Ang aking
kalasag ay nanggagaling mula sa Diyos, ang nagliligtas
ng mga pusong matuwid. **11** Ang Diyos ay makatuwirang
hukom, ang Diyos na galit bawat araw. **12** Kung hindi
magsisisi ang isang tao, hahasain ng Diyos ang kaniyang
espada at ihahanda ang kaniyang pana para sa labanan. **13**
Naghahanda siya para gumamit ng mga sandata laban sa
kaniya; ginagawa niya ang kaniyang umaapoy na palaso.
**14** Isipin mo ang isang buntis na may kasamaan, ang nag-
iisip ng mapanirang mga balak, ang nanganganak ng mga
mapanirang kasinungalingan. **15** Nagbubungkal siya ng
hukay, tatakpan ito at saka mahuhulog siya sa hukay na
binungkal niya. **16** Ang kaniyang sariling mapanirang mga
balak ay babalik din sa kaniya, dahil ang kaniyang kasamaan
ay babagsak sa sarili niyang ulo. **17** Pasasalamatan ko si
Yahweh dahil sa kaniyang katarungan; aawit ako ng papuri
kay Yahweh ang Kataas-taasan.

**8** Yahweh aming Panginoon, kahanga-hanga ang pangalan
mo sa buong mundo, hinahayag mo ang iyong
kaluwalhatian sa kalangitan. **2** Mula sa mga bibig ng mga
bata at sanggol ay lumikha ka ng papuri dahil sa mga kaaway
mo, para patahimikin ang kaaway at ang tagapaghiganti. **3**
Kapag tumitingin ako sa iyong mga kalangitan, na ginawa ng
iyong mga daliri, ang buwan at mga tala, na nilagay mo sa
lugar, **4** ano ang halaga ng sangkatauhan na pinapansin mo
(sila) o ang mga tao na pinapakinggan (sila) **5** Gayumpaman
ginawa mo (sila) ng mababa ng kaunti kaysa sa mga nilalang
sa kalangitan at kinoronahan (sila) ng may kaluwalhatian at
karangalan. **6** Ginawa mo siyang tagapamahala ng lahat ng
ginawa ng iyong mga kamay; niligay mo ang lahat ng bagay
sa ilalim ng kaniyang mga paa: **7** lahat ng mga tupa at mga
baka, at kahit ang mga hayop ng bukid, **8** ang mga ibon ng
langit, at ang mga isda ng dagat, lahat ng dumadaan sa
mga agos ng dagat. **9** Yahweh aming Panginoon, kahanga-
hanga ang pangalan mo sa buong mundo!

**9** Para sa punong manunugtog; nakatakda sa estilo ng
Muth Laben. Isang awit ni David. Buong puso akong
magpapasalamat kay Yahweh; ihahayag ko ang lahat ng
kamangha-mangha mong mga gawain. **2** Magagalak ako at
magsasaya sa iyo; aawit ako ng papuri sa iyong pangalan,
Kataas-taasan! **3** Kapag bumalik ang mga kaaway ko,
madadapa (sila) at mapupuksa sa harapan mo. **4** Dahil
pinagtanggol mo ang aking makatuwirang layunin; nakaluklok
ka sa iyong trono, makatuwirang hukom! **5** Sinindak mo ang
mga bansa sa pamamagitan ng iyong panlabang sigaw;

winasak mo ang masama; binura mo ang kanilang alaala
magpakailanman. **6** Nagiba ang mga kaaway tulad ng
mga lugar na gumuho nang gapiin mo ang kanilang mga
lungsod. Lahat ng alaala tungkol sa kanila ay naglaho. **7**
Pero nananatili si Yahweh magpakailanman; tinatatag niya
ang kaniyang trono para sa katarungan. **8** Hinahatulan niya
ang mundo ng pantay. Gumagawa siya ng makatarungang
mga pasya para sa mga bansa. **9** Magiging matibay na
tanggulan din si Yahweh para sa mga inaapi, isang matibay
na tanggulan sa panahon ng kaguluhan. **10** Nagtitiwala ang
nakakakilala ng pangalan mo, dahil ikaw, Yahweh, ay hindi
nang-iiwan ng mga lumalalapit sa iyo. **11** Umawit ng mga
papuri kay Yahweh, ang namumuno sa Sion; sabihin sa
lahat ng bansa ang kaniyang ginawa. **12** Dahil ang Diyos na
naghihiganti sa pagdanak ng dugo ay nakaaalala; hindi niya
nakalilimutan ang daing ng mga inaapi. **13** Maawa ka sa
akin, Yahweh; tingnan mo kung paano ako inaapi ng mga
kinamumuhian ako, ikaw na kayang agawin ako mula sa mga
tarangkahan ng kamatayan. **14** Para maihayag ko ang lahat
ng kapurihan mo. Sa mga tarangkahan ng anak na babae
ng Sion magsasaya ako sa iyong kaligtasan! **15** Lumubog
ang mga bansa sa hukay na ginawa nila; nahuli ang mga
paa nila sa lambat na tinago nila. **16** Hinayag ni Yahweh
ang kaniyang sarili; nagsagawa siya ng paghatol; nahuli sa
patibong ang masama dahil sa sarili niyang mga ginawa.
(Selah) **17** Ang mga masasama ay binalik at pinadala sa
sheol, ang patutunguhan ng mga bansa na lumimot sa
Diyos. **(Sheol h7585)** **18** Dahil ang mga nangangailangan ay
hindi kailanman makalilimutan, o itataboy ang mga pag-asa
ng mga inaapi. **19** Bumangon ka, Yahweh; huwag mo kaming
hayaang lupigin ng tao; nawa mahatulan ang mga bansa
sa iyong paningin. **20** Sindakin mo (sila) Yahweh; nawa
malaman ng mga bansa na (sila) ay tao lamang. (Selah)

**10** Yahweh, bakit ka nakatayo sa malayo? Bakit tinatago
mo ang iyong sarili sa oras ng kaguluhan? **2** Dahil
sa kanilang kayabangan, hinahabol ng masasamang tao
ang mga api; pero pakiusap hayaan mong mahuli ang
mga masasama sa ginawa nilang sariling mga balakin. **3**
Dahil ipinagyayabang ng masasamang tao ang kaniyang
pinakamalalim na mga hangarin; pinagpapala niya ang
sakim at iniinsulto si Yahweh. **4** Ang masasamang tao ay
nakataas-noo; hindi niya hinahanap ang Diyos. Hindi niya
kailanman iniisip ang tungkol sa Diyos dahil siya ay wala
talagang pakialam sa kaniya. **5** Siya ay matatag sa lahat
ng oras, pero ang iyong mga makatuwirang mga kautusan
ay labis na mataas para sa kaniya; sinisinghalan niya ang
lahat ng kaniyang mga kaaway. **6** Sinasabi niya sa kaniyang
puso, “Hindi ako mabibigo; hindi ako makahaharap ng
pagkatalo sa lahat ng salinlahi.” **7** Ang kaniyang bibig ay
puno ng pagsusumpa at mapanlinlang, mapaminsalang mga
salita; ang kaniyang dila ay nakasasakit at nakasisira. **8**
Siya ay naghihintay sa pagtambang malapit sa mga nayon;
sa lihim na mga lugar niya pinapatay ang inosente; ang
kaniyang mga mata ay naghahanap ng ilang biktimang
walang laban. **9** Siya ay nagtatago ng palihim katulad
ng leon sa masukal na lugar; siya ay nag-aabang para
humuli ng api. Nahuhuli niya ang api kapag hinihila niya
ang kaniyang lambat. **10** Ang kaniyang mga biktima ay
dinudurog at binubugbog; (sila) ay nahulog sa kaniyang
matibay na mga lambat. **11** Sinasabi niya sa kaniyang
puso, “Nakalimot ang Diyos; tinakpan niya ang kaniyang
mukha; hindi siya mag-aabalang tumingin.” **12** Bumangon ka,
Yahweh; itaas mo ang iyong kamay sa paghatol, O Diyos.
Huwag mong kalimutan ang mga api. **13** Bakit itinatanggi ng
masamang tao ang Diyos at sinasabi sa kaniyang puso,
“Hindi mo ako pananagutin”? **14** Binigyang pansin mo,
dahil lagi mong nakikita ang gumagawa ng paghihirap at
kalungkutan. Pinagkakatiwala ng ulila ang kaniyang sarili
sa iyo; inililigtas mo ang mga walang ama. **15** Baliin mo
ang bisig ng masama at buktot na tao; panagutin siya sa
kaniyang mga masasamang gawain, na akala niya hindi mo
matutuklasan. **16** Si Yahweh ay Hari magpakailanpaman;
ang mga bansa ay pinalalayas mo sa kanilang mga lupain.
**17** Yahweh, narinig mo ang mga pangangailangan ng mga
api; pinalalakas mo ang kanilang puso, pinakikinggan mo
ang kanilang panalangin; **18** Ipinagtatanggol mo ang walang
mga ama at ang mga api para walang tao sa mundo ang
magdudulot muli ng malaking takot.

**11** Kumukubli ako kay Yahweh; paano mo sasabihin sa
aking, “Tumakas ka katulad ng isang ibon sa bundok”?
**2** Tingnan mo! Inihahanda ng mga masasama ang kanilang
mga pana. Inihahanda nila ang kanilang mga palaso sa tali
para panain sa dilim ang pusong matuwid. **3** Dahil kung
ang mga pundasyon ay nasira, ano ang kayang gawin
ng matuwid? **4** Si Yahweh ay nasa kaniyang banal na
templo; ang kaniyang mga mata ay nagmamasid, sinusuri
ng kaniyang mga mata ang mga anak ng mga tao. **5**
Parehong sinusuri ni Yahweh ang matuwid at masama, pero
kinapopootan niya ang mga gumagawa ng karahasan. **6**
Nagpapaulan siya ng mga nagbabagang uling at asupre
sa mga masasama; nakakapasong hangin ang kanilang
magiging bahagi sa kaniyang kopa! **7** Dahil si Yahweh ay
matuwid, at mahal niya ang katuwiran; makikita ng matuwid
ang kaniyang mukha.

**12** Tulong, Yahweh, dahil ang mga maka-diyos ay naglaho;
ang mga matatapat ay nawala. **2** Ang lahat ay
nagsasabi ng walang kabuluhang mga salita sa kaniyang

kapwa; ang lahat ay nagsasalita ng hindi matapat na papuri at may salawahang puso. **3** Yahweh, putulin mo ang lahat ng labing hindi matapat ang papuri, bawat dila na nagpapahayag ng dakilang mga bagay. **4** Ito ang mga nagsabing, “Sa pamamagitan ng ating dila, tayo ay mangingibabaw. Kapag ang ating mga labi ang nagsalita, sino ang maaaring maging panginoon sa atin?” **5** “Dahil sa karahasan laban sa mahirap, dahil sa mga daing ng nangangailangan, ako ay babangon,” sinasabi ni Yahweh. “Magbibigay ako ng kaligtasan na kanilang hinahangad.” **6** Ang mga salita ni Yahweh ay dalisay, katulad ng pilak na dinalisay sa pugon sa lupa, na tinunaw ng pitong beses. **7** Ikaw si Yahweh! Iniingatan mo (sila) Pinangangalagaan mo ang maka-diyos mula sa masamang salinlahing ito at magpakailanman. **8** Ang masasama ay naglalakad sa bawat panig kapag ang masama ay naitaas sa mga anak ng mga tao.

**13** Yahweh, gaano katagal mong kalilimutan ang tungkol sa akin? Gaano katagal mo itatago ang iyong mukha sa akin? **2** Gaano katagal ako dapat mag-alala at magkaroon ng kalungkutan sa aking puso sa buong araw? Gaano katagal magtatagumpay ang aking mga kaaway? **3** Tumingin ka sa akin at sagutin mo ako, Yahweh aking Diyos! Paliwanagin ang aking mga mata, o ako ay matutulog sa kamatayan. **4** Huwag mong hayaan na sabihin ng aking kaaway, “Natalo ko siya”, para ang aking kaaway ay hindi magsabing, “Ako ay nanaig sa aking kalaban”; kung hindi, ang aking mga kaaway ay magdiriwang kapag ako ay bumagsak. **5** Pero nagtiwala ako sa katapatan mo sa tipan; ang aking puso ay nagagalak sa iyong kaligtasan. **6** Aawit ako kay Yahweh dahil pinakitunguhan niya ako nang mabuti.

**14** Sinasabi ng mangmang sa kaniyang puso, “Walang Diyos.” (Sila) ay masama at nakagawa ng kasuklam-suklam na kasalanan; walang sinuman ang gumagawa ng mabuti. **2** Si Yahweh ay tumingin sa baba mula sa langit sa mga anak ng sangkatauhan para makita kung mayroong sinuman ang nakauunawa, kung sino ang naghahanap sa kaniya. **3** Ang lahat ay tumalikod; ang lahat ay naging marumi; walang sinuman ang gumagawa ng mabuti, wala, kahit isa. **4** Hindi ba nila alam ang kahit na ano, (sila) na nakagawa ng kasalanan, (sila) na nilalamon ang aking mga tao gaya ng pagkain ng tinapay, pero hindi tumatawag kay Yahweh? **5** (Sila) ay nanginginig ng may pangamba, dahil kasama ng Diyos ang matuwid na kapulungan! **6** Gusto mong hiyain ang taong mahirap kahit na si Yahweh ang kaniyang kanlungan. **7** Oh, ang kaligtasan ng Israel ay manggagaling mula sa Sion! Kapag binalik ni Yahweh ang kaniyang bayan mula sa pagkakabihag, magagalak si Jacob at matutuwa ang Israel!

**15** Sinong puwedeng manatili sa iyong tabernakulo, Oh Yahweh? Sinong maaaring manirahan sa iyong banal na burol? **2** Siya ay lumalakad sa katuwiran at gumagawa ng tama and nagsasabi ng katotohanan mula sa kaniyang puso. **3** Hindi siya naninirang-puri gamit ang kaniyang dila, o nananakit ng iba, o nang-iinsulto ng kaniyang kapwa. **4** Ang taong walang halaga ay kasuklam-suklam sa kaniyang paningin, pero pinararangalan niya ang lahat ng may takot kay Yahweh. Sumusumpa siya sa kaniyang sariling kakulangan at hindi tumatalikod sa kaniyang mga pangako. **5** Hindi siya naniningil ng tubo sa tuwing siya ay nagpapautang. Hindi rin siya tumatanggap ng suhol para tumestigo laban sa walang-sala. Sinumang gumagawa ng mga bagay na ito ay hindi kailanman mayayanig.

**16** Ingatan mo ako, O Diyos, dahil sa iyo ako kumukubli. **2** Sinasabi ko kay Yahweh, “Ikaw ang aking Diyos; ang kabutihan ko ay walang saysay nang malayo sa iyo. **3** Para sa mga taong banal na nasa daigdig, (sila) ay mararangal na tao; ang kasiyahan ko ay nasa kanila. **4** Ang kanilang kapahamakan ay lalawig, silang naghahanap ng ibang diyos. Hindi ako magbubuhos ng inuming handog na dugo sa kanilang mga diyos o magtataas ng kanilang mga pangalan gamit ang aking mga labi. **5** Ikaw ang aking bahagi at ang aking kopa, O Yahweh. Hawak mo aking tadhana. **6** Mga panukat na guhit ay inalagay para sakin sa mga kalugod-lugod na lugar; tiyak na magandang pamana ang inilaan para sa akin. **7** Pupurihin ko si Yahweh na naggagabay sa akin; maging sa gabi, ang isipan ko ay nagtuturo sa akin. **8** Inuuna ko si Yahweh sa lahat ng oras, kaya't hindi ako mayayanig mula sa kaniyang kanang kamay! **9** Kaya nga ang puso ko ay magagalak, ang nagpaparangal kong puso ay magpupuri sa kaniya; tiyak na mabubuhay ako nang panatag. **10** Dahil hindi mo iiwan ang aking kaluluwa sa Sheol. Hindi mo pababayaan ang tapat sa iyo na masilayan ang hukay. **(Sheol h7585)** **11** Tinuturo mo sa akin ang landas ng buhay; nag-uumapaw na kagalakan ay nananahan sa iyong piling; labis na tuwa ay nananatili sa iyong kanang kamay magpakailanman!

**17** Pakinggan mo ang pagsamo ko ng katarungan, O Yahweh; pansinin mo ang aking panawagan ng tulong! Paglaanan mo ng iyong tainga ang panalangin ko, mula sa mga labi na walang panlilinlang. **2** Hayaan mong ang pagpapawalang-sala sa akin ay magmula sa iyon piling; makita nawa ng iyong mga mata kung ano ang tama! **3** Kung susubukin mo ang puso ko, kung daratnan mo ako sa gabi, lilinisin mo ako at wala kang makikitang anumang masamang balakin; ang bibig ko ay hindi magkakasala. **4** Patungkol sa gawi ng sangkatauhan, sa salita ng mga labi mo kaya

lumayo ako sa kasamaan. 5 Ang mga yapak ko ay nanatiling
nakatuon sa iyong gabay; ang paanan ko ay hindi lumihis. 6
Nananawagan ako sa iyo, dahil tinutugon mo ako, O Diyos;
ibaling mo ang pandinig mo sa akin at pakinggan mo ako sa
aking sasabihin. 7 Ipakita mo ang katapatan mo sa tipan sa
kaaya-ayang paraan, ikaw na nagliligtas, sa pamamagitan
ng iyong kanang kamay, ng mga kumukibli sa iyo mula sa
kanilang mga kaaway. 8 Ingatan mo ako tulad ng sinta
mong irog; itago mo ako sa ilalim ng anino ng iyong mga
pakpak 9 mula sa presensiya ng masasama na nananakit sa
akin, mga kaaway kong pumapaligid sa akin. 10 Wala silang
awa kaninuman; ang mga bibig nila ay nagsasalita nang
may kayabangan. 11 Pinaligiran nila ang aking mga yapak.
Binabalak nila na pabagsakin ako. 12 Tulad (sila) ng isang
leon na sabik para sa isang biktima, tulad ng isang batang
leon na nakaabang sa mga liblib na lugar. 13 Tumayo ka, O
Yahweh! Lusubin mo (sila) Pabagsakin mo (sila) Iligtas mo
ako mula sa masasama sa pamamagitan ng iyong tabak!
14 Sagipin mo ako mula sa mga tao sa pamamagitan ng
iyong kamay, O Yahweh, mula sa mga tao ng mundong ito
na ang yaman ay sa buhay na ito lamang! Pupunuin mo
ng yaman ang mga tiyan ng iyong mga pinahahalagahan;
magkakaroon (sila) ng maraming anak at iiwan ang kanilang
yaman sa kanilang mga anak. 15 Ako, makikita ko ang iyong
mukha sa katuwiran; masisiyahan ako sa paggising ko nang
ikaw ang aking nakikita.

**18** Mahal kita, O Yahweh, ang aking lakas. 2 Si Yahweh
ang aking bato, ang aking tanggulan, ang siyang
nagdadala sa akin sa kaligtasan; siya ang aking Diyos,
ang aking bato; sa kaniya ako kumukubli. Siya ang aking
kalasag, ang tambuli ng aking kaligtasan, at ang aking muog.
3 Mananawagan ako kay Yahweh na siyang karapat-dapat
na purihin, at maliligtas ako mula sa aking mga kaaway.
4 Nakapalibot sa akin ang mga lubid ng kamatayan, at
inanod ako ng rumaragasang tubig ng kawalan ng halaga. 5
Nakapaligid sa akin ang mga lubid ng Sheol; ang patibong
ng kamatayan ay binitag ako. **(Sheol h7585)** 6 Sa aking
pagkabalisa, tumawag ako kay Yahweh, tumawag ako para
humingi ng tulong sa aking Diyos. Pinakinggan niya ang
tinig ko mula sa kaniyang templo; ang aking panawagan ng
tulong ay nakarating sa kaniyang presensiya; nakarating
ito sa kaniyang tainga. 7 Kaya nayugyog at nayanig ang
lupa; maging ang mga pundasyon ng mga bundok, nayanig
at nayugyog dahil nagalit ang Diyos. 8 Umangat ang usok
na lumabas mula sa kaniyang ilong, at naglalagablab na
apoy ang lumabas mula sa kaniyang bibig. Nagbaga ang
mga uling dahil dito. 9 Binuksan niya ang kalangitan at
siya ay bumaba, at makapal na kadiliman ay nasa ilalim
na kaniyang paanan. 10 Sumakay siya sa isang anghel at
lumipad; pumagaspas siya sa mga pakpak ng hangin. 11
Ginawa niyang tolda sa kaniyang paligid ang kadiliman,
mabigat na mga ulap-ulan sa kalangitan. 12 Mula sa kidlat
sa kaniyang harapan, bumagsak ang mga yelo at nag-aapoy
na uling. 13 Dumagundong si Yahweh sa mga kalangitan!
Ang Kataas-taasan ay sumigaw at nagpadala ng mga yelo at
kidlat. 14 Pinana at ikinalat niya ang kaniyang mga kaaway;
pinaghiwa-hiwalay (sila) ng maraming kidlat. 15 Pagkatapos,
ang daluyan ng mga tubig ay lumitaw; ang mga pundasyon
ng mundo ay nahayag sa iyong sigaw na pandigma, O
Yahweh—sa pagbuga ng hininga ng iyong ilong. 16 Bumaba
siya mula sa itaas; hinawakan niya ako! Iniahon niya ako
mula sa rumaragasang tubig. 17 Sinagip niya ako mula sa
aking malakas na kalaban, mula sa mga namumuhi sa akin,
dahil (sila) ay higit na malakas kaysa sa akin. 18 Sinugod
nila ako sa araw ng aking pagdadalamhati pero si Yahweh
ang aking tagapagtanggol! 19 Pinalaya niya ako tungo sa
isang malawak na lugar; iniligtas niya ako dahil siya ay
nalulugod sa akin. 20 Ginantimpalaan ako ni Yahweh dahil
sa aking katuwiran; tinulungan niya akong bumangon dahil
ang aking mga kamay ay malinis. 21 Dahil pinanatili ko ang
mga pamamaraan ni Yahweh at hindi tumalikod sa aking
Diyos patungo sa kasamaan. 22 Dahil ang lahat ng kaniyang
makatuwirang mga kautusan ay nanguna sa akin; maging sa
kaniyang mga alintuntunin, hindi ako tumalikod. 23 Nanatili
akong walang-sala sa kaniyang harapan, at lumayo ako
mula sa kasalanan. 24 Kaya tinulungan akong bumangon ni
Yahweh dahil sa aking katuwiran, dahil ang aking mga kamay
ay malinis sa kaniyang paningin. 25 Sa sinumang tapat,
ipakita mo na ikaw ay tapat; sa taong walang-sala, ipakita mo
na ikaw ay walang-sala. 26 Sa sinumang dalisay, ipakita mo
na ikaw ay dalisay; pero ikaw ay tuso sa sinumang baluktot.
27 Dahil nililigtas mo ang mga hinahamak, pero ibinabagsak
mo ang lahat ng nagyayabang, ang mapagmataas na mga
mata! 28 Dahil nagbibigay ka ng liwanag sa aking ilawan; si
Yahweh na aking Diyos ang nagbibigay liwanag sa aking
kadiliman. 29 Sa pamamagitan mo, kaya kong lampasan
ang isang barikada; sa pamamagitan ng aking Diyos, kaya
kong talunan ang isang pader. 30 Patungkol sa Diyos: ang
kaniyang pamamaraan ay ganap. Ang salita ni Yahweh
ay dalisay! Siya ang panangga sa sinumang kumukubli
sa kaniya. 31 Dahil sino ang Diyos maliban kay Yahweh?
Sino ang bato maliban sa ating Diyos? 32 Ang Diyos ang
nagbibigay ng lakas sa akin tulad ng isang sinturon, na
nagdadala sa isang matuwid na tao sa kaniyang landas. 33
Pinabibilis niya ang aking mga paa na parang isang usa
at inilalagay niya ako sa kabundukan! 34 Sinasanay niya
ang aking mga kamay para sa digmaan at ang aking mga
braso para matutong gumamit ng tansong pana. 35 Ibinigay

mo sa akin ang panangga ng iyong kaligtasan. Ang iyong
kanang kamay ay sumusuporta sa akin, at ang pabor mo ay
ginawa akong tanyag. 36 Gumawa ka ng isang malawak
na lugar para sa aking paanan sa ilalim kaya ang aking
paanan ay hindi lumihis. 37 Hinabol ko ang aking mga
kaaway at hinuli ko (sila) hindi ako tumalikod hangga't hindi
(sila) nawawasak. 38 Hinambalos ko (sila) hangga't hindi na
nila kayang bumangon; bumagsak (sila) sa ilalim ng aking
paanan. 39 Dahil binigyan mo ako ng lakas tulad ng sinturon
para sa digmaan; inilagay mo ako sa ilalim ng mga nag-aalsa
laban sa akin. 40 Ibinigay mo sa akin ang batok ng aking mga
kaaway; nilipol ko lahat ng namumuhi sa akin. 41 Humingi
(sila) ng tulong pero walang sumagip sa kanila; tumawag
(sila) kay Yahweh, pero hindi niya (sila) pinakinggan. 42
Dinurog ko (sila) tulad ng alikabok sa hangin; itinapon ko
(sila) tulad ng putik sa kalsada. 43 Iniligtas mo ako mula sa
pagtatalo ng mga tao. Ginawa mo akong pinuno sa lahat ng
bansa. Mga taong hindi ko kilala ay naglingkod sa akin. 44
Sa oras na narinig nila ako, sumunod (sila) sa akin; ang
mga dayuhan ay napilitang yumuko sa akin. 45 Ang mga
dayuhan ay dumating na nanginginig mula sa kanilang mga
tanggulan. 46 Buhay si Yahweh; nawa ang aking bato ay
purihin. Nawa ang Diyos ng aking kaligtasan ay maitaas. 47
Ito ang Diyos na naghihiganti para sa akin, ang nagdudulot
sa mga bayan na sumailalim sa akin. 48 Napalaya ako
mula sa aking mga kaaway! Totoo, itinaas mo ako nang
higit sa mga tumuligsa sa akin. Iniligtas mo ako mula sa
mga marahas na kalalakihan. 49 Kaya magpapasalamat ako
sa iyo, O Yahweh, sa lahat ng bansa; aawit ako ng mga
papuri sa iyong pangalan! 50 Ang Diyos ay nagbibigay ng
tagumpay sa kaniyang hari, at ipinakikita niya ang kaniyang
katapatan sa tipan sa kaniyang hinirang, kay David at sa
kaniyang kaapu-apuhan magpakailanman.

**19** Ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian
ng Diyos, at ipinapaalam ng himpapawid ang ginawa
ng kaniyang kamay! 2 Bawat araw ang pananalita ay
bumubuhos; bawat gabi nagpapahayag ito ng kaalaman.
3 Walang pananalita o salaysay; ni hindi naririnig ang
kanilang tinig. 4 Gayumpaman ang kanilang mga salita ay
umaabot sa buong mundo; at ang kanilang pananalita ay
hanggang sa dulo ng mundo. Nagtayo siya ng tolda para sa
araw sa kalagitnaan nila. 5 Ang araw ay parang lalaking
ikakasal na lumalabas sa kaniyang silid at parang isang
lalaking malakas na nagagalak kapag siya ay tumatakbo sa
kaniyang karera. 6 Ang araw ay sumisikat mula sa isang
dako at tumatawid sa himpapawid hanggang sa kabila;
walang makatatakas sa init nito. 7 Ang batas ni Yahweh ay
perpekto, pinasisigla ang kaluluwa; ang patotoo ni Yahweh
ay maaasahan, ginagawang marunong ang payak ang
kaisipan. 8 Ang mga tagubilin ni Yahweh ay matuwid,
pinasasaya ang puso; ang kautusan ni Yahweh ay dalisay,
nagdadala ng liwanag sa mga mata. 9 Ang takot kay Yahweh
ay dalisay, nananatili magpakailanman; ang makatuwirang
mga kautusan ni Yahweh ay totoo at matuwid sa kabuuan!
10 Ang mga ito ay mas mahalaga kaysa ginto, mas higit pa
kaysa pinong ginto; mas matamis kaysa pulot na tumutulo
mula sa pulot-pukyutan. 11 Oo, sa pamamagitan ng mga ito
ang iyong lingkod ay binalaan; sa pagsunod dito ay may
malaking gantimpala. 12 Sino ang makababatid sa lahat ng
kaniyang sariling mga kamalian? Linisin mo ako sa mga
lihim na kasalanan. 13 Ingatan mo rin ang iyong lingkod sa
mga kasalanang mapagmataas; huwag mong hayaan na
ang mga ito ay maghari sa akin. Sa gayon ako ay magiging
ganap, at inosente sa maraming kasalanan. 14 Nawa ang
mga salita ng aking bibig at mga saloobin ng aking puso
ay maging katanggap-tanggap sa iyong paningin, Yahweh,
aking bato at aking manunubos.

**20** Nawa ay tulungan ka ni Yahweh sa araw ng kaguluhan;
nawa ang pangalan ng Diyos ni Jacob ang mangalaga
sa iyo 2 at magpadala ng tulong mula sa banal na lugar
para magtaguyod sa iyo sa Sion. 3 Nawa maalala niya ang
lahat ng iyong mga alay at tanggapin ang iyong sinunog
na handog. (Selah) 4 Nawa ay ipagkaloob niya sa iyo ang
hinahangad ng iyong puso at tuparin ang lahat ng iyong mga
plano. 5 Pagkatapos magagalak kami sa iyong tagumpay,
at, sa pangalan ng ating Diyos, itataas namin ang mga
bandila. Nawa ay ipagkaloob ni Yahweh ang lahat ng iyong
kahilingan. 6 Ngayon alam ko na ililigtas ni Yahweh ang
kaniyang hinirang; sasagutin siya mula sa kaniyang banal
na kalangitan na may lakas ng kaniyang kanang kamay
na maaari siyang sagipin. 7 Nagtitiwala ang ilan sa mga
kalesang pandigma at ang iba ay sa mga kabayo, pero ang
tinatawagan namin ay si Yahweh na aming Diyos. 8 (Sila) ay
ibababa at ibabagsak, pero tayo ay babangon at tatayong
matuwid! 9 Yahweh, sagipin mo ang hari; tulungan mo kami
kapag kami ay nananawagan.

**21** Nagagalak ang hari sa iyong lakas, Yahweh! Labis
siyang nagagalak sa kaligtasan na iyong ibinibigay! 2
Ibinigay mo sa kaniya ang inaasam ng kaniyang puso at
hindi mo pinigilan ang kahilingan ng kaniyang mga labi.
(Selah) 3 Dahil dinadalhan mo siya ng mayamang mga
pagpapala; inilagay mo sa kaniyang ulo ang pinakadalisay
na gintong korona. 4 Humihiling siya sa iyo ng buhay;
ibinigay mo ito sa kaniya; binigyan mo siya ng mahabang
buhay magpakailanman. 5 Ang kaniyang kaluwalhatian ay
dakila dahil sa iyong tagumpay; iginawad mo sa kaniya ang
kaningningan at pagiging maharlika. 6 Dahil pinagkalooban

mo siya ng mga pangmatagalang pagpapala; hinayaan mo
siyang magalak nang may kasiyahan sa iyong presensya. 7
Dahil ang hari ay nagtitiwala kay Yahweh; sa pamamagitan
ng katapatan sa tipan ng Kataas-taasan siya ay hindi
matitinag. 8 Dadakpin ng iyong kamay ang lahat ng iyong
mga kaaway; dadakpin ng iyong kanang kamay ang mga
napopoot sa iyo. 9 Sa panahon ng iyong galit; susunugin
mo (sila) na parang nasa maalab na pugon. Lilipulin (sila)
ni Yahweh sa kaniyang matinding galit, at lalamunin (sila)
ng apoy. 10 Pupuksain mo ang kanilang mga anak mula
sa lupa at ang kanilang mga kaapu-apuhan na kabilang sa
sangkatauhan. 11 Dahil hinangad nila ang masama laban sa
iyo; bumuo (sila) ng masamang balak na kung saan hindi
(sila) magtatagumpay! 12 Dahil (sila) ay iyong paaatrasin;
(sila) ay iyong papanain. 13 Maitanghal, ka Yahweh, sa iyong
lakas; aawitin at pupurihin namin ang iyong kapangyarihan.

**22** Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan? Bakit
napakalayo mo mula sa pagliligtas sa akin at malayo
mula sa mga salita ng aking paghihirap? 2 Diyos ko,
maghapon akong nananawagan sa iyo, pero hindi ka
sumasagot, at maging sa gabi ako ay walang katahimikan! 3
Pero ikaw ay banal; ikaw ay nakaupo bilang hari kasama ang
mga papuri ng Israel. 4 Ang aming mga ninuno ay nagtiwala
sa iyo; nagtiwala (sila) sa iyo at (sila) ay niligtas mo. 5
Dumaing (sila) sa iyo at (sila) ay niligtas mo. Nagtiwala (sila)
sa iyo at hindi (sila) nabigo. 6 Pero ako ay parang isang
uod at hindi isang tao, isang kahihiyan sa sangkatauhan at
pinagtatawanan ng mga tao. 7 Silang lahat na nakakakita sa
akin ay kinukutya ako; hinahamak nila ako; ang kanilang
mga ulo ay napapailing sa akin. 8 Sinasabi nila, “Nagtitiwala
siya kay Yahweh, hayaan natin na iligtas siya ni Yahweh.
Hayaan natin na sagipin siya ni Yahweh, dahil nalulugod siya
sa kaniya.” 9 Dahil kinuha mo ako mula sa sinapupunan;
hinayaan mong magtiwala ako sa iyo habang ako ay nasa
dibdib ng aking ina. 10 Ipinagkatiwala na ako sa iyo mula pa
sa sinapupunan; ikaw ang aking Diyos simula pa ng ako ay
nasa sinapupunan ng aking ina! 11 Huwag kang lumayo
mula sa akin dahil malapit lang ang kaguluhan; walang
sinuman ang tutulong. 12 Pinaliligiran ako ng maraming
mga toro; pinapaligiran ako ng malalakas na mga toro ng
Bashan. 13 Binubuksan nila ang kanilang bibig para sa
akin na parang isang umaatungal na leon na niluluray ang
kaniyang biktima. 14 Ako ay parang natapong tubig, at lahat
ng aking mga buto ay nalinsad. Ang aking puso ay tulad ng
pagkit; natutunaw ito sa kaloob-loobang bahagi ko. 15 Ang
aking lakas ay parang natuyong piraso ng palayukan; ang
aking dila ay dumidikit sa aking ngalangala. Inilagay mo
ako sa alabok ng kamatayan. 16 Dahil pinapaligiran ako ng
mga aso; napalibutan ako ng samahan na mga mapaggawa
ng masama; tinusok nila ang aking mga kamay at mga
paa. 17 Nabibilang ko na ang aking mga buto. Tumitingin at
tumititig (sila) sa akin. 18 Pinaghahatian nila ang aking mga
kasuotan sa kanilang mga sarili, pinagpipilian nila ang aking
mga damit. 19 Huwag kang lumayo, Yahweh; hinihiling kong
magmadali ka para tulungan ako, aking kalakasan! 20 Iligtas
mo ang aking kaluluwa mula sa espada, ang tanging buhay
ko mula sa mga kuko ng mabangis na mga aso. 21 Iligtas
mo ako mula sa bibig ng leon; iligtas mo ako mula sa mga
sungay ng mababangis na toro. 22 Ihahayag ko ang iyong
pangalan sa aking mga kapatid; sa gitna ng kapulungan
ay pupurihin kita. 23 Kayo na may takot kay Yahweh,
purihin siya! Kayong lahat na mga kaapu-apuhan ni Jacob,
parangalan siya! Ipakita niyo ang inyong pagkamangha sa
kaniya, kayong lahat na mga kaapu-apuhan ng Israel! 24
Dahil hindi niya hinamak o pinabayaan ang pagdurusa ng
naghihirap; hindi tinago ni Yahweh ang kaniyang mukha
mula sa kaniya; nang umiyak ang naghihirap sa kaniya,
dininig niya. 25 Ang aking pagpupuri ay dahil sa iyo sa gitna
ng napakalaking kapulungan; tutuparin ko ang aking mga
panata sa harap nilang may takot sa kaniya. 26 Ang mga
naaapi ay makakakain at mabubusog; (sila) na naghahanap
kay Yahweh ay magpupuri sa kaniya. Nawa ang inyong
mga puso ay mabuhay magpakailanman. 27 Ang lahat ng
mga tao sa lupa ay aalalahanin at babalik kay Yahweh;
lahat ng mga pamilya ng mga bansa ay luluhod sa iyong
harapan. 28 Dahil ang kaharian ay kay Yahweh; siya ang
namumuno sa mga bansa. 29 Lahat ng mga mayayaman sa
lupa ay magpipista at sasamba; silang lahat na mapupunta
sa alabok ay luluhod sa harapan niya, (sila) na hindi kayang
panatilihin ang kanilang sariling buhay. 30 Ang isang salinlahi
ay darating para siya ay paglingkuran; sasabihin nila sa
susunod na salinlahi ang tungkol sa Panginoon. 31 Darating
(sila) at ipapahayag ang kaniyang katuwiran; ipamamalita
nila sa mga taong hindi pa naipapanganak kung ano ang
kaniyang nagawa!

**23** Si Yahweh ang aking pastol; hindi ako magkukulang. 2
Pinahihiga niya ako sa luntiang mga pastulan; inaakay
niya ako sa tabi ng payapang tubigan. 3 Binabalik niya
ang aking buhay; ginagabayan niya ako sa tamang landas
alang-alang sa kaniyang pangalan. 4 Kahit na lumakad
ako sa gitna ng napakadilim na anino ng lambak, hindi ko
katatakutan ang kapahamakan dahil ikaw ang kasama ko;
ang iyong pamalo at iyong tungkod ang nagpapayapa sa
akin. 5 Ipinaghahanda mo ako ng isang hapag sa harapan
ng aking mga kaaway; binuhusan mo ng langis ang aking
ulo; ang saro ko ay nag-uumapaw. 6 Tiyak na kabutihan at
katapatan sa tipan ang hahabol sa akin sa lahat ng mga

araw ng aking buhay; at ako ay mananahanan sa tahanan ni
Yahweh habang buhay!

**24** Ang buong lupain ay kay Yahweh, ang daigdig at ang
lahat ng naninirahan dito. 2 Dahil itinatag niya ito sa
mga karagatan at itinaguyod sa mga ilog. 3 Sino ang aakyat
sa bundok ni Yahweh? Sino ang tatayo sa kaniyang banal
na lugar? 4 Siya na may malinis na mga kamay at dalisay
na puso; siyang hindi nagtatanghal ng mga kasinungalingan,
at hindi nanunumpa para lang manlinlang. 5 Makatatanggap
siya ng pagpapala mula kay Yahweh at katuwiran mula
sa Diyos ng kaniyang kaligtasan. 6 Iyan ang salinlahi ng
mga naghahanap sa kaniya, (sila) na humahanap sa mukha
ng Diyos ni Jacob. (Selah) 7 Bumukas kayo, kayong mga
tarangkahan, bumukas kayo, kayong walang-hanggang mga
pintuan, para ang Hari ng kaluwalhatian ay makapasok! 8
Sino ang Hari ng kaluwalhatian? Si Yahweh, ang malakas
at makapangyarihan; si Yahweh, ang makapangyarihan
sa digmaan. 9 Bumukas kayo, kayong mga tarangkahan,
bumukas kayo, kayong walang-hanggang mga pintuan, para
ang Hari ng kaluwalhatian ay makapasok! 10 Sino ang Hari
ng kaluwalhatian? Si Yahweh ng mga hukbo, siya ang Hari
ng kaluwalhatian. (Selah)

**25** Sa iyo Yahweh, Itinataas ko ang aking buhay! 2 Aking
Diyos, ako ay nagtitiwala sa iyo. Huwag mo akong
hayaang mapahiya; huwag mong hayaan na magalak ng
may katagumpayan sa akin ang aking mga kaaway. 3
Nawa walang sinumang umaasa sa iyo ang maalipusta;
nawa ang mga nagsisigawa ng kataksilan na walang
dahilan ay mapahiya! 4 Ipaalam mo sa akin ang iyong
mga kaparaanan, Yahweh, ituro mo sa akin ang iyong mga
landas. 5 Patnubayan mo ako sa iyong katotohanan at
turuan mo ako, dahil ikaw ang Diyos ng aking kaligtasan; Ako
ay umaasa sa iyo buong araw. 6 Alalahanin mo, Yahweh,
ang iyong mga gawa ng kahabagan at sa katapatan sa
tipan; dahil lagi silang nananatili magpakailanman. 7 Huwag
mong alalahanin ang tungkol sa mga kasalanan ng aking
kabataan o ang aking pagrerebelde; alalahanin mo ako na
may katapatan sa tipan dahil sa iyong kabutihan, Yahweh! 8
Si Yahweh ay mabuti at matuwid; kaya itinuturo niya ang
daan sa mga makasalanan. 9 Pinapatnubayan niya ang
mapagpakumbaba na may katarungan at itinuturo niya ang
kanyang daan sa mga mapagpakumbaba. 10 Ang lahat ng
mga landas ni Yahweh ay ginawa mula sa katapatan sa
tipan at pagiging mapagkakatiwalaan sa mga nag-iingat
ng kanyang tipan at kanyang mga tapat na kautusan. 11
Alang-alang sa iyong pangalan, Yahweh, patawarin mo ang
aking kasalanan, dahil ito ay napakalaki. 12 Sino ang taong
may takot kay Yahweh? Tuturuan siya ng Panginoon sa
daan na dapat niyang piliin. 13 Ang kanyang buhay ay
magpapatuloy sa kabutihan; at ang kanyang mga kaapu-
apuhan ay magmamana ng lupain. 14 Ang pakikipagkaibigan
ni Yahweh ay para sa mga nagbibigay karangalan sa
kanya, at pinapahayag ang kanyang tipan sa kanila. 15
Ang aking mga mata ay laging nakatuon kay Yahweh, dahil
pakakawalan niya ang aking mga paa mula sa lambat. 16
Bumaling ka sa akin at kaawaan mo ako; dahil ako ay nag-
iisa at nahihirapan. 17 Ang mga kaguluhan ng aking puso ay
lumalawak; hanguin mo ako mula sa aking pagkabalisa. 18
Masdan mo ang aking paghihirap at mga pasakit; patawarin
mo lahat ng aking mga kasalanan. 19 Masdan mo ang aking
mga kaaway, dahil (sila) ay marami; kinamumuhian nila ako
nang may malupit na pagkagalit. 20 Pangalagaan mo ang
aking buhay at sagipin mo ako; hindi ako mapapahiya, dahil
nagkukubli ako sa iyo! 21 Nawa ingatan ako ng dangal at
pagkamakatwiran, dahil umaasa ako sa iyo. 22 Sagipin mo
ang Israel, O Diyos, sa lahat ng kaniyang mga kaguluhan!

**26** Hatulan mo ako, Yahweh, dahil lumakad ako nang may
dangal; Nagtiwala ako kay Yahweh nang walang pag-
aalinlangan. 2 Siyasatin mo ako, Yahweh, at ako ay iyong
subukin; subukin mo ang kadalisayan ng aking mga kaloob-
looban at ang aking puso! 3 Dahil ang iyong katapatan
sa tipan ay nasa harap ng aking mga mata, at ako ay
lumalakad sa iyong katotohanan. 4 Hindi ako nakikisama
sa mga mandaraya, o nakikisalamuha sa mga hindi tapat.
5 Napopoot ako sa kapulungan ng mga gumagawa ng
kasamaan, at hindi ako nakikipamuhay sa mga masasama.
6 Hinuhugasan ko ang aking mga kamay sa kawalan ng
kasalanan, at pumupunta ako sa paligid ng iyong altar,
Yahweh, 7 para umawit ng isang malakas na awitin ng
papuri at ibalita ang lahat ng iyong mga kahanga-hangang
mga gawa. 8 Yahweh, mahal ko ang tahanan kung saan
ka naninirahan, ang lugar na pinananahanan ng iyong
kaluwalhatian. 9 Huwag mo akong walisin kasama ng mga
makasalanan, o ang aking buhay kasama ng mga taong
hayok sa dugo, 10 kung saan ang mga kamay ay may
masamang balak, at sa kanang kamay ay puno ng mga
suhol. 11 Pero para sa akin, lalakad ako nang may dangal;
tubusin mo ako at maawa ka sa akin. 12 Nakatayo ang
aking paa sa pantay na tuntungan; sa mga kapulungan ay
pupurihin ko si Yahweh!

**27** Si Yahweh ang aking liwanag at aking kaligtasan;
kanino ako matatakot? Si Yahweh ang kanlungan ng
aking buhay; kanino ako mangangamba? 2 Nang lumapit
sa akin ang mga gumagawa ng kasamaan para lamunin
ang aking laman, ang aking mga kalaban at ang aking mga
kaaway ay nadapa at nabuwal. 3 Kahit ang isang hukbo ay

nagsasama-sama laban sa akin, ang aking puso ay hindi
matatakot; kahit digmaan ay umusbong laban sa akin, kahit
ganoon ay mananatili akong nagtitiwala. 4 Isang bagay
ang aking hiniling kay Yahweh, at iyon ay aking hahanapin:
na ako ay mananahan sa tahanan ni Yahweh sa lahat ng
mga araw ng aking buhay, para makita ang kagandahan ni
Yahweh at para magnilay-nilay sa kanyang templo. 5 Dahil
sa araw ng kaguluhan ay ikukubli niya ako sa kanyang kubol;
sa loob ng kanyang tolda ay itatago niya ako. Itataas niya ako
sa ibabaw ng isang malaking bato! 6 Pagkatapos ay itataas
ang aking ulo nang mas angat kaysa aking mga kaaway na
nasa paligid ko, at ako ay maghahain ng mga handog ng
kagalakan sa kanyang tolda! Aawit ako at gagawa ng mga
awitin kay Yahweh! 7 Pakinggan mo, Yahweh, ang aking
tinig kapag ako ay umiiyak! Maawa ka sa akin, at sagutin mo
ako! 8 Sinasabi ng aking puso tungkol sa iyo, “Hanapin ang
kaniyang mukha!” Hahanapin ko ang iyong mukha, Yahweh!
9 Huwag mong itago ang iyong mukha sa akin; huwag mong
saktan ang iyong lingkod sa galit! Ikaw ang aking naging
katuwang; huwag mo akong pabayaan o iwanan, Diyos ng
aking kaligtasan! 10 Kahit na pabayaan ako ng aking ama o
ng aking ina, si Yahweh ang mag-aaruga sa akin. 11 Ituro
mo sa akin ang iyong daan, Yahweh! Pangunahan mo ako
sa patag na landas dahil sa aking mga kaaway. 12 Huwag
mo akong ibigay sa mga hangarin ng aking mga kaaway,
dahil ang mga sinungaling na saksi ay nagsitindig laban sa
akin, at (sila) ay bumuga ng karahasan! 13 Ano kaya ang
nangyari sa akin kung hindi ako naniwala na makikita ko ang
kabutihan ni Yahweh sa lupain ng mga buhay? 14 Maghintay
kayo kay Yahweh; maging matatag, at hayaan na maging
matapang ang inyong puso! Maghintay kayo kay Yahweh!

**28** Sa iyo, Yahweh, ako ay umiiyak; aking malaking
Muog, huwag mo akong pabayaan. Kung hindi mo ako
tutugunan, mabibilang ako sa mga bumababa sa libingan.
2 Dinggin ang tinig ng aking pagsusumamo kapag ako ay
humihingi ng tulong sa iyo, kapag itinataas ko ang aking mga
kamay sa iyong pinakabanal na lugar! 3 Huwag mo akong
kaladkarin palayo kasama ng masasama, silang gumagawa
ng malaking kasalanan, na nagsasalita ng kapayapaan sa
kanilang kapwa pero may kasamaan sa kanilang mga puso.
4 Ibigay sa kanila kung ano ang nararapat sa kanilang mga
gawa at ibalik sa kanila kung ano ang hinihingi ng kanilang
kasamaan; ibalik sa kanila ang mga gawa ng kanilang mga
kamay; igawad sa kanila ang nararapat. 5 Dahil hindi nila
nauunawaan ang mga paraan ni Yahweh o ang gawa ng
kaniyang mga kamay, (sila) ay kaniyang pupuksain at hindi
kailanman itatayong muli. 6 Pagpalain si Yahweh dahil
dininig niya ang tinig ng aking pagsusumamo! 7 Si Yahweh
ang aking kalakasan at ang aking kalasag; ang puso ko
ay nagtitiwala sa kaniya, at tinulungan ako. Kaya labis na
nagagalak ang aking puso, at pupurihin ko siya nang may
pag-awit. 8 Si Yahweh ang kalakasan ng kaniyang bayan, at
kanlungang nagliligtas sa kaniyang hinirang. 9 Iligtas mo
ang iyong bayan at pagpalain ang iyong pamana. kayo ay
maging pastol nila at aalagaan (sila) magpakailanman.

**29** Kilalanin na si Yahweh— kayo na mga anak ng
makapangyarihan— kilalanin na si Yahweh ay may
kaluwalhatian at kapangyarihan! 2 Ibigay kay Yahweh ang
karangalan na nararapat sa kaniyang pangalan; sambahin
si Yahweh sa pananamit na naaangkop para sa kaniyang
kabanalan. 3 Ang tinig ni Yahweh ay naririnig sa ibabaw ng
mga katubigan; dumadagundong ang Diyos ng kaluwalhatian,
dumadagundong si Yahweh sa ibabaw ng katubigan. 4 Ang
tinig ni Yahweh ay makapangyarihan; ang tinig ni Yahweh ay
kamangha-mangha. Ang tinig ni Yahweh ay nakawawasak
ng mga sedar; 5 Ang tinig ni Yahweh ay napagpipira-piraso
ang mga sedar ng Lebanon. 6 Pinalulukso niya ang Lebanon
tulad ng isang guya at ang Sirion tulad ng isang batang baka.
7 Bumubuga ng lumalagablab na apoy ang tinig ni Yahweh.
8 Ang tinig ni Yahweh ang yumayanig sa ilang; si Yahweh
ang yumayanig sa ilang ng Kades. 9 Ang tinig ni Yahweh
ang nagdudulot na manganak ang babaeng usa; kinakalbo
nito ang mga gubat; pero sa kaniyang templo ang lahat ay
nagsasabing, “Kaluwalhatian!” 10 Si Yahweh ay umuupo
bilang hari sa ibabaw ng baha; si Yahweh ay umuupo bilang
hari magpakailanman. 11 Si Yahweh ang nagbibigay-lakas
sa kaniyang bayan; Pinagpapala ni Yahweh ng kapayapaan
ang kaniyang bayan.

**30** Itinataas kita, Yahweh, dahil ibinangon mo ako at hindi
pinahintulutan ang aking mga kalaban na magalak dahil
sa akin. 2 Yahweh aking Diyos, humingi ako sa iyo ng tulong,
at pinagaling mo ako. 3 Yahweh, hinango mo ang aking
kaluluwa mula sa Sheol; pinanatili mo akong buhay mula sa
pagbaba sa libingan. **(Sheol h7585)** 4 Umawit ng mga papuri
kay Yahweh, kayong bayan niyang matapat! Magbigay ng
pasasalamat kapag naalaala ninyo ang kaniyang kabanalan.
5 Dahil ang kaniyang galit ay isang saglit lamang; pero ang
kaniyang pabor ay panghabangbuhay. Ang pag-iyak ay
dumarating sa gabi, pero ang kagalakan ay dumarating sa
umaga. 6 Buong tiwala kong sinabi, “Hindi ako kailanman
mayayanig.” 7 Yahweh sa pamamagitan ng iyong pabor
ako ay itinatag mo tulad ng isang matatag na bundok;
pero kapag itinago mo ang iyong mukha, ako ay naligalig.
8 Umiyak ako sa iyo, Yahweh, at naghanap ng pabor
mula sa aking Panginoon! 9 Anong pakinabang mayroon
sa aking kamatayan, kung ako ay bababa sa libingan?
Mapapapurihan ka ba ng alabok? Maipapahayag ba nito na

ikaw ay mapagkakatiwalaan? 10 Pakinggan mo, Yahweh,
at ako ay kaawaan! Yahweh, ikaw ay maging katuwang
ko. 11 Pinalitan mo ang aking pagluluksa ng pagsasayaw;
hinubad mo ang aking sako at dinamitan ako ng kagalakan.
12 Kaya ngayon ang naparangalan kong puso ay aawit nang
papuri sa iyo at hindi mananahimik; Yahweh aking Diyos,
magbibigay ako ng pasasalamat sa iyo magpakailanman!

**31** Sa iyo, Yahweh, kumukubli ako; huwag mo akong
hayaan na mapahiya. Iligtas mo ako sa iyong katuwiran.
2 Makinig ka sa akin; sagipin mo ako agad; ikaw ang aking
maging bato ng kanlungan, isang matibay na tanggulan para
iligtas ako. 3 Dahil ikaw ang aking bato at aking tanggulan;
alang-alang sa iyong pangalan, gabayan at patnubayan mo
ako. 4 Kunin mo ako sa lambat na kanilang ikinubli para sa
akin, dahil ikaw ang aking kanlungan. 5 Ipinagkakatiwala ko
sa iyong mga kamay ang aking espiritu; tutubusin mo ako,
Yahweh, Diyos ng katapatan. 6 Kinamumuhian ko ang mga
naglilingkod sa mga walang kwentang diyos-diyosan, pero
nagtitiwala ako kay Yahweh. 7 Matutuwa ako at magagalak
sa iyong katapatan sa tipan, dahil nakita mo ang aking
kapighatian; alam mo ang pagkabalisa ng aking kaluluwa. 8
Hindi mo ako isinuko sa aking mga kaaway. Inilagay mo ang
aking mga paa sa isang malawak na lugar. 9 Maawa ka
sa akin, Yahweh, dahil ako ay nasa kahirapan; ang aking
mga mata ay napapagod sa kalungkutan kasama ang aking
kaluluwa at aking katawan. 10 Dahil ang aking buhay ay
pagod sa kalungkutan at ang mga taon ko na puro daing.
Ang aking lakas ay nabibigo dahil sa aking kasalanan, at ang
aking mga buto ay unti-unting nanghihina. 11 Dahil sa lahat
ng aking mga kaaway, hinahamak ako ng mga tao; ang aking
mga kapitbahay ay nangingilabot dahil sa aking kalagayan,
at mga taong nakakakilala sa akin ay nangangamba. Ang
mga nakakakita sa akin sa kalye ay tumatakbo palayo sa
akin. 12 Nilimot ako na parang patay na walang sinuman
ang nakakaalala. Ako ay tulad ng isang basag na palayok.
13 Dahil aking narinig ang bulong-bulungan ng nakararami,
nakakasindak na balita mula sa lahat ng dako habang ang
mga iba ay parang nagpaplano na magkakasama laban
sa akin. (Sila) ay nagpaplanong kunin ang aking buhay.
14 Pero umaasa ako sa iyo, Yahweh; sinasabi ko, “Ikaw
ang aking Diyos.” 15 Ang aking kapalaran ay nasa iyong
mga kamay. Iligtas mo ako sa kamay ng aking mga kaaway
at mula sa mga humahabol sa akin. 16 Paliwanagin mo
ang iyong mukha sa iyong lingkod; iligtas mo ako sa iyong
katapatan sa tipan. 17 Huwag mong hayaan na mapahiya
ako, Yahweh; dahil nananawagan ako sa iyo! Nawa ang
masama ay mapahiya! Nawa (sila) ay mapatahimik sa Sheol.
**(Sheol h7585)** 18 Nawa mapatahimik ang mga sinungaling na
labi na nagsasalita ng suwail laban sa matuwid ng may
pagmamataas at paghamak. 19 Napakadakila ng iyong
kabutihang hinanda mo para sa mga sumasamba sa iyo,
na tinupad mo para sa mga nagkukubli sa iyo sa harap ng
buong sangkatauhan! 20 Sa kanlungan ng iyong presensya,
ikinukubli mo (sila) mula sa mga balakin ng mga tao.
Ikinukubli mo (sila) sa isang kanlungan mula sa marahas
na mga dila. 21 Purihin si Yahweh, dahil ipinakita niya
sa akin ang kaniyang kagila-gilalas na katapatan sa tipan
noong ako ay nasa isang nilusob na lungsod. 22 Kahit na
nabanggit ko sa aking pagmamadali, “Ako ay napalayo mula
sa iyong mga mata,” gayumpaman dininig mo ang aking
pagmamakaawa, nang ako ay dumaing sa iyo. 23 O, ibigin si
Yahweh, kayong lahat na mga matatapat na tagasunod.
Iniingatan ni Yahweh ang tapat, pero pinagbabayad niya
ng buo ang mapagmataas. 24 Maging matatag at panatag,
lahat kayo na nagtitiwala kay Yahweh para sa tulong.

**32** Mapalad ang tao na pinatawad ang kaniyang pagsuway,
na tinakpan ang kaniyang kasalanan. 2 Mapalad ang
tao na siyang pinapalagay ni Yahweh na walang pagkakasala
at ang espiritu na walang panlilinlang. 3 Kapag nanatili
akong tahimik, ang aking mga buto ay unti-unting nadudurog
habang ako ay dumadaing buong araw. 4 Dahil araw at
gabi ang iyong kamay ay mabigat sa akin. Nalanta ang
aking kalakasan tulad ng tagtuyot sa tag-araw. (Selah) 5
Pagkatapos inamin ko ang aking kasalanan sa iyo, at hindi
ko na ikinubli ang aking kasamaan. Sinabi ko, “aaminin ko
ang pagsuway ko sa iyo Yahweh,” at pinatawad mo ang
kabigatan ng aking kasalanan. (Selah) 6 Dahil dito, ang
lahat ng makadiyos ay dapat manalangin sa iyo sa oras ng
mabigat na paghihirap. Pagkatapos kapag ang daluyong
ng tubig ay umapaw, hindi nila maabot ang mga tao. 7
Ikaw ang aking kublihan; babantayan mo ako sa kaguluhan.
Papalibutan mo ako ng mga awit ng pagtatagumpay. (Selah)
8 Pangangaralan kita at ituturo sa iyo ang daan na dapat
mong lakaran. Pangangaralan kita habang nagmamasid ako
sa iyo. 9 Huwag kang tumulad sa isang kabayo o katulad
ng isang asno, na walang pagkakaintindi; dahil lamang sa
renda sa bibig kaya napapasunod (sila) kung saan mo (sila)
gustong papuntahin. 10 Ang mga masasama ay maraming
kapighatian, pero ang katapatan sa tipan ni Yahweh ang
papalibot sa nagtitiwala sa kaniya. 11 Magalak kay Yahweh,
at magalak kayo, kayong mga matutuwid; sumigaw sa galak,
ang lahat ng pusong matuwid.

**33** Magalak kay Yahweh, kayong mga matuwid; ang
papuri ay angkop para sa matuwid. 2 Pasalamatan si
Yahweh na may alpa; awitan siya ng mga papuri niya ng
may alpa na sampung kuwerdas. 3 Awitan siya ng bagong
awit; tumugtog nang mahusay at umawit ng may kagalakan.

4 Dahil ang salita ni Yahweh ay matuwid, at ang lahat ng
kaniyang ginagawa ay patas. 5 Iniibig niya ang katuwiran
at katarungan. Ang lupa ay puno ng katapatan sa tipan ni
Yahweh. 6 Sa pamamagitan ng salita ni Yahweh ang mga
langit ay nalikha, at ang lahat ng mga bituin ay nagawa
sa pamamagitan ng hininga ng kaniyang bibig. 7 Tinitipon
niya ang tubig ng dagat na parang isang tumpok; nilalagay
niya ang mga karagatan sa mga imbakan. 8 Hayaan ang
buong mundo na matakot kay Yahweh; hayaan ang lahat ng
nananahan sa mundo ay mamangha sa kanya. 9 Dahil siya
ay nagsalita, at nangyari ito; siya ay nag-utos, at tumayo ng
matayog. 10 Binibigo ni Yahweh ang pagsasanib ng mga
bansa; siya ang nananaig sa mga plano ng mga tao. 11
Ang mga plano ni Yahweh ay nananatili magpakailanman,
ang mga plano ng kanyang puso para sa lahat ng salinlahi.
12 Mapalad ang bansa na ang Diyos ay si Yahweh; ang
bayan na kaniyang pinili bilang kanyang sariling pag-aari. 13
Nagmamasid si Yahweh mula sa kalangitan; nakikita niya
ang lahat ng mga tao. 14 Mula sa lugar kung saan siya
nananahan, siya ay tumingin sa lahat ng nananahan sa
lupa. 15 Siya na humuhubog ng mga puso nilang lahat ay
nagmamasid sa lahat ng kanilang mga gawi. 16 Walang hari
ang naligtas sa pamamagitan ng isang malaking hukbo;
ang isang mandirigma ay hindi naligtas sa pamamagitan
ng kanyang dakilang lakas. 17 Ang isang kabayo ay hindi
tunay na kasiguruhan ng tagumpay; sa kabila ng kanyang
kalakasan, ay hindi siya makakapagligtas. 18 Tingnan ninyo,
ang mata ni Yahweh ay nasa kanila na may takot sa kaniya,
sa mga taong umaasa sa kaniyang katapatan sa tipan 19
para mailigtas ang kanilang mga buhay mula sa kamatayan
at panatilihin silang buhay sa mga panahon ng taggutom. 20
Kami ay naghihintay kay Yahweh; siya ang aming saklolo
at aming kalasag. 21 Ang aming mga puso ay nagagalak
sa kaniya, dahil kami ay nagtitiwala sa kaniyang banal na
pangalan. 22 Hayaan mo ang iyong katapatan sa tipan,
Yahweh, ay mapasaamin habang nilalagay namin ang aming
pag-asa sa iyo.

**34** Pupurihin ko si Yahweh sa lahat ng oras; ang kaniyang
kapurihan ay laging mamumutawi sa aking bibig. 2
Pupurihin ko si Yahweh; nawa marinig ito ng api at (sila)
ay matuwa. 3 Purihin natin si Yahweh; sama-sama nating
itaas ang kaniyang pangalan. 4 Hinanap ko si Yahweh,
at tumugon siya, at sa lahat ng mga takot ko tagumpay
ang ibinigay niya. 5 Nagniningning ang mga tumitingin sa
kaniya, at ang kanilang mga mukha ay hindi nahihiya. 6
Ang inapi ay umiyak, at narinig siya ni Yahweh at niligtas
mula sa lahat ng kaniyang mga kaguluhan. 7 Ang anghel ni
Yahweh ay nagkakampo sa paligid ng may mga takot sa
kaniya, at (sila) ay nililigtas niya. 8 Tikman at masdan na si
Yahweh ay mabuti; mapalad ang taong kumukubli sa kaniya.
9 Katakutan ninyo si Yahweh, kayo na kaniyang banal na
bayan; hindi nagkukulang ang mga may takot sa kaniya.
10 Ang batang leon minsan ay nagkukulang sa pagkain
at nagugutom; pero ang mga humahanap kay Yahweh ay
hindi magkukukulang ng anumang bagay na mabuti. 11
Halikayo, mga bata, makinig kayo sa akin; ituturo ko sa inyo
ang takot kay Yahweh. 12 Sinong naghahangad ng buhay
at naghahangad ng mahabang panahon na mabuhay at
magkaroon ng magandang buhay? 13 Kung ganoon, lumayo
kayo sa pagsasabi ng masama, at ilayo ang inyong mga
labi sa pagsasabi ng mga kasinungalingan. 14 Tumalikod
kayo sa kasamaan at gumawa ng mabuti; hangarin ninyo
ang kapayapaan at ito ay palaganapin. 15 Ang mga mata ni
Yahweh ay nasa mga matutuwid, at sa kanilang mga iyak
nakatuon ang kaniyang pandinig. 16 Si Yahweh ay laban sa
mga gumagawa ng masama, para burahin ang kanilang alala
sa mundo. 17 Ang mga matutuwid ay umiiyak, at naririnig ito
ni Yahweh at mula sa lahat ng kanilang mga kaguluhan,
nililigtas (sila) 18 Si Yahweh ay malapit sa mga wasak
ang puso, at inililigtas niya ang mga nadurog ang espiritu.
19 Maraming mga problema ang mga matutuwid, pero sa
lahat ng iyon si Yahweh ang nagbibigay ng tagumpay. 20
Iniingatan niya ang lahat ng kaniyang mga buto; ni isa sa
kanila ay walang masisira. 21 Papatayin ng masama ang
makasalanan; ang mga galit sa matutuwid ay mahahatulan.
22 Ang mga kaluluwa ng kaniyang mga lingkod ay tinutubos
ni Yahweh; walang mahahatulan sa mga kumukubli sa
kaniya.

**35** Kumilos ka laban sa mga kumikilos laban sa akin O
Yahweh; labanan mo ang mga lumalaban sa akin. 2
Kunin mo ang iyong maliit na pananggalang at malaking
pananggalang; bumangon ka at ako ay iyong tulungan. 3
Sa mga humahabol sa akin gamitin mo ang iyong mga
sibat at palakol; sa kaluluwa ko ay iyong sabihin, “Ako ang
iyong kaligtasan.” 4 Nawa ang mga naghahangad sa aking
buhay ay mapahiya at masira ang puri. Nawa ang mga
nagbabalak na saktan ako ay tumalikod at malito. 5 Nawa
(sila) ay maging tulad ng hinanging ipa, sa pagtataboy ng
anghel ni Yahweh sa kanila. 6 Nawa ang kanilang daraanan
ay maging madilim at madulas, habang tinutugis (sila) ng
anghel ni Yahweh. 7 Nang walang dahilan, naglagay (sila)
ng lambat para sa akin; nang walang dahilan nagbungkal
(sila) ng hukay para sa aking buhay. 8 Hayaan mo na
dumating sa kanila nang hindi inaasahan ang pagkawasak.
Hayaan mo na mahuli (sila) ng inilagay nilang lambat. Sa
kanilang pagkawasak, hayaan mong (sila) ay bumagsak. 9
Pero magsasaya ako kay Yahweh at magagalak sa kaniyang
kaligtasan. 10 Sa aking buong lakas sasabihin ko, “Sino

ang katulad mo, Yahweh, na siyang nagliligtas sa mga api
mula sa mas malakas kaysa sa kanila at ang mahihirap at
nangangailangan mula sa mga nagtatangka na nakawan
(sila) 11 Dumarami ang masasamang saksi; pinararatangan
nila ako nang hindi totoo. 12 Binayaran nila ng kasamaan
ang aking kabutihan. Ako ay nagdadalamhati. 13 Pero, nang
maysakit (sila) nagsuot ako ng sako; nag-ayuno ako para
sa kanila na nakatungo ang aking dibdib. 14 Nagdalamhati
ako para sa aking mga kapatid; lumuhod ako sa pagluluksa
para sa aking ina. 15 Pero nang ako ay natisod, natuwa
(sila) at nagsama-sama; nagsama-sama (sila) laban sa
akin, at ako ay ginulat nila. Winarak nila ako nang walang
humpay. 16 Walang galang nila akong hinamak; nangalit
ang kanilang mga ngipin sa akin. 17 Panginoon hanggang
kailan ka titingin? Iligtas mo ang aking kaluluwa mula sa
kanilang mga mapangwasak na pag-atake, ang buhay ko
mula sa mga leon. 18 Pagkatapos magpapasalamat ako sa
iyo sa dakilang pagpupulong; pupurihin kita sa maraming
tao. 19 Huwag mong hayaang magdiwang sa akin ang
mapanlinlang kong mga kaaway; huwag mo silang hayaang
magawa ang kanilang masasamang mga balak. 20 Dahil
hindi (sila) nagsasalita ng kapayapaan, sa halip, nagpaplano
(sila) ng mga salitang mapanlinlang laban sa naninirahan sa
aming lupain na mapayapang namumuhay. 21 Binubuka nila
ng malaki ang kanilang mga bibig laban sa akin; sabi nila,
“Ha, ha, nakita namin ito.” 22 Nakita mo ito, Yahweh, huwag
kang manahimik; huwag kang lumayo sa akin Panginoon.
23 Bumangon ka at gumising para ipagtanggol ako; aking
Diyos at Panginoon, ipagtanggol mo ang aking panig. 24
Ipagtanggol mo ako, Yahweh aking Diyos, dahil sa iyong
katuwiran; huwag mo silang hayaang magalak sa akin. 25
Huwag mong hayaang sabihin nila sa kanilang puso na,
“Aha, nakuha na namin ang aming nais.” Huwag mong
hayaan na sabihin nila, “Nilamon namin siya.” 26 Ilagay
mo (sila) sa kahihiyan at lituhin mo silang nagnanais na
saktan ako. Nawa ang mga gustong humamak sa akin ay
mabalot ng kahihiyan at kasiraan. 27 Hayaan mong ang
mga nagnanais ng paglaya ko ay sumigaw sa galak at
matuwa; nawa patuloy nilang sabihin, “Purihin si Yahweh,
siya na nasisiyahan sa kapakanan ng kaniyang lingkod.” 28
Pagkatapos nito ang katarungan mo at kapurihan ay buong
araw kong ihahayag.

**36** Nagsasalita ang kasalanan gaya ng mensahe sa
puso ng taong masama; walang pagkatakot sa Diyos
sa kaniyang mga mata. 2 Dahil pinagiginhawa niya ang
kaniyang sarili, iniisip na ang kaniyang kasalanan ay hindi
matutuklasan at kasusuklaman. 3 Ang kaniyang mga salita
ay makasalanan at mapanlinlang; ayaw niyang maging
matalino at gumawa ng mabuti. 4 Habang siya ay nakahiga
sa kaniyang kama, nagbabalak siya ng mga paraan para
magkasala; siya ay nagtatakda ng masamang paraan;
hindi niya iniiwasan ang kasalanan. 5 Ang iyong katapatan
sa tipan, Yahweh, ay umaabot sa kalangitan; ang iyong
katapatan ay umaabot sa mga kaulapan. 6 Ang iyong
katarungan ay gaya ng pinakamataas na mga bundok;
ang iyong katarungan ay gaya ng pinakamalalim na dagat.
Yahweh, pinangangalagaan mo ang kapwa sangkatauhan at
mga hayop. 7 Napakahalaga ng iyong katapatan sa tipan, O
Diyos! Ang sangkatauhan ay kumakanlong sa ilalim ng anino
ng iyong mga pakpak. 8 (Sila) ay masaganang masisiyahan
sa kayamanan ng mga pagkain sa iyong bahay; hahayaan
mo silang uminom mula sa ilog ng iyong mahalagang mga
pagpapala. 9 Dahil kasama mo ang bukal ng buhay; sa
iyong liwanag ay aming makikita ang liwanag. 10 Palawigin
mo ang iyong katapatan sa tipan nang lubusan sa mga
na nakakakilala sa iyo, ang pagtatanggol mo sa matuwid
ang puso. 11 Huwag mong hayaan ang paa ng mayabang
na makalapit sa akin. Huwag mong hayaan ang kamay
ng masama na palayasin ako. 12 Doon ang masasama
ay natalo; (sila) ay bumagsak at wala ng kakayahang
bumangon.

**37** Huwag kang mainis dahil sa masasamang tao; huwag
kang mainggit sa mga umasal nang hindi makatuwiran.
2 Dahil (sila) ay malapit nang matuyo gaya ng damo at
malanta gaya ng luntiang mga halaman. 3 Magtiwala ka
kay Yahweh at gawin kung ano ang matuwid; tumira ka sa
lupain at gawin mong tungkulin ang katapatan. 4 Pagkatapos
hanapin mo ang kaligayahan kay Yahweh, at ibibigay niya
sa iyo ang mga naisin ng iyong puso. 5 Ibigay mo ang
iyong pamamaraan kay Yahweh; magtiwala ka sa kaniya, at
siya ang kikilos para sa iyo. 6 Itatanghal niya ang iyong
katarungan gaya ng liwanag ng araw at ang iyong kawalang-
muwang gaya ng araw sa tanghali. 7 Tumigil ka sa harap
ni Yahweh at matiyagang maghintay sa kaniya. Huwag
kang mag-alala kung may taong mapagtatagumpayan ang
kaniyang masamang balakin kung ang tao ay gumagawa ng
masamang mga plano. 8 Huwag kang magalit at madismaya.
Huwag kang mag-alala, ito ay gumagawa lamang ng
problema. 9 Ang mga mapaggawa ng kasamaan ay aalisin,
pero ang mga naghihintay kay Yahweh ay magmamana ng
lupain. 10 Sa maikling panahon ang masama ay mawawala,
mamamasdan mo ang kaniyang kinalulugaran, pero siya ay
mawawala. 11 Pero ang mapagkumbaba ay mamanahin
ang lupain at magagalak sa lubos na kasaganahan. 12 Ang
makasalanan ay nagbabalak laban sa matuwid at nginangalit
ang kaniyang ngipin laban sa kaniya. 13 Ang Panginoon ay
tinatawanan siya, dahil nakikita niya na ang kaniyang araw
ay parating na. 14 Binunot ng masama ang kanilang mga

espada at binaluktot ang kanilang mga pana para ilugmok
ang mga naaapi at nangangailangan, para patayin ang mga
matuwid. **15** Ang kanilang mga espada ang sasaksak sa
kanilang mga puso, at ang kanilang mga pana ay masisira.
**16** Mas mabuti ang kaunti na mayroon ang matuwid kaysa sa
kasaganahan ng masasama. **17** Dahil ang mga bisig ng
masasama ay mababali, pero si Yahweh ang sumusuporta sa
mga matutuwid. **18** Binabantayan ni Yahweh ang mga walang
kasalanan araw-araw, at ang kanilang mana ay mananatili
magpakailanman. **19** Hindi (sila) mahihiya sa panahon ng
problema. Sa panahon na dumating ang taggutom, (sila)
ay may sapat na kakainin. **20** Pero ang masasama ay
mamamatay. Ang mga kaaway ni Yahweh ay magiging tulad
ng kasaganahan ng mga pastulan; (sila) ay mawawala at
maglalaho sa usok. **21** Ang masama ay nangungutang pero
hindi nagbabayad, pero ang matuwid ay mapagbigay at
nagbibigay. **22** Ang mga pinagpala ni Yahweh ay mamanahin
ang lupain; ang mga isinumpa niya ay tatanggalin. **23** Sa
pamamagitan ni Yahweh naitatag ang mga hakbang ng isang
tao, ang tao na ang balakin ay kapuri-puri sa paningin ng
Diyos. **24** Bagama't siya ay nadapa, siya ay hindi babagsak,
dahil hinahawakan siya ni Yahweh sa kaniyang kamay. **25**
Ako ay naging bata at ngayon ay matanda na; hindi pa
ako nakakakita ng matuwid na pinabayaan o mga anak
niyang nagmamakaawa para sa tinapay. **26** Sa kahabaan
ng araw siya ay mapagbigay-loob at nagpapahiram, at ang
kaniyang anak ay naging isang pagpapala. **27** Tumalikod
ka mula sa kasamaan at gawin mo kung ano ang tama;
pagkatapos, magiging ligtas ka magpakailanman. **28** Dahil
iniibig ni Yahweh ang katarungan at hindi pinababayaan ang
kaniyang tapat na mga tagasunod. (Sila) ay pag-iingatan
magpakailanman, pero ang kaapu-apuhan ng masama
ay tatanggalin. **29** Mamanahin ng matuwid ang lupain at
mamumuhay (sila) roon magpakailanman. **30** Ang bibig ng
matuwid ay nagsasalita ng karunungan at nagdaragdag
ng katarungan. **31** Ang batas ng kaniyang Diyos ay nasa
kaniyang puso; ang kaniyang paa ay hindi madudulas. **32**
Binabantayan ng masamang tao ang matuwid at binabalak
siyang patayin. **33** Hindi siya pababayaan ni Yahweh na
mapunta sa kamay ng masama o hatulan kapag siya ay
nahusgahan. **34** Maghintay ka kay Yahweh at panatalihin
mo ang kaniyang kaparaanan, at ikaw ay kaniyang itataas
para angkinin ang lupain. Makikita mo kapag ang masasama
ay tatanggalin. **35** Nakita ko ang masama at nakakikilabot
na tao na nagkalat gaya ng luntiang puno sa likas nitong
lupa. **36** Pero nang ako ay dumaan muli, siya ay wala na
roon. Hinanap ko siya, pero hindi na siya matagpuan. **37**
Pagmasdan mo ang taong may dangal, at tandaan mo ang
matuwid; mayroong mabuting kinabukasan para sa taong
may kapayapaan. **38** Ang mga makasalanan ay tuluyang
mawawasak; ang kinabukasan para sa masasamang tao ay
mapuputol. **39** Ang kaligtasan ng matutuwid ay nagmumula
kay Yahweh; (sila) ay kaniyang pinangangalagaan sa mga
panahon ng kaguluhan. **40** (Sila) ay tinutulungan at sinasagip
ni Yahweh. Sinasagip niya (sila) mula sa masasama at
iniligtas (sila) dahil (sila) ay kumubli sa kaniya.

**38** Yahweh, huwag mo akong sawayin sa iyong galit
at huwag akong parusahan sa iyong poot. **2** Dahil
tumatagos sa akin ang iyong mga palaso at ibinabagsak
ako ng iyong kamay. **3** May karamdaman ang aking buong
katawan dahil sa iyong galit; walang kalakasan ang aking
mga buto dahil sa aking kasalanan. **4** Dahil nilunod ako
ng aking mga kasalanan; napakabigat ng pasanin na ito
para sa akin. **5** Lumala at nangamoy ang aking mga sugat
dahil sa mga hangal kong kasalanan. **6** Tinatapakan ako
at pinahihiya araw-araw; buong araw akong nagluluksa. **7**
Dahil dinaig ako ng kahihiyan, may karamdaman ang aking
buong katawan. **8** Manhid na ako at labis na nanlulupaypay;
naghihinagpis ako dahil sa galit ng aking puso. **9** Panginoon,
naiintindihan mo ang masidhing pagnanais ng aking puso at
ang aking mga paghihinagpis ay hindi ko maitatago mula sa
iyo. **10** Kumakabog ang aking puso, naglalaho ang aking
lakas, at nanlalabo ang aking paningin. **11** Iniiwasan ako ng
aking mga kaibigan dahil sa aking kalagayan; nilalayuan ako
ng aking kapwa. **12** Silang mga naghahangad ng masama
sa aking buhay ay naglagay ng mga patibong para sa akin.
Silang naghahangad ng aking kapahamakan ay nagsasabi
ng mga mapanira at mapanlinlang na mga salita buong araw.
**13** Pero ako, tulad ako ng isang bingi na walang naririnig;
tulad ako ng isang pipi na walang sinasabi. **14** Tulad ako
ng isang taong hindi nakaririnig at walang katugunan. **15**
Siguradong maghihintay ako para sa iyo, Yahweh; ikaw ay
sasagot, Panginoong aking Diyos. **16** Sinasabi ko ito para
hindi ako maliitin ng aking mga kaaway. Kung madudulas
ang aking paa, gagawan nila ako ng mga nakakakilabot
na mga bagay. **17** Dahil matitisod na ako at ako ay patuloy
na naghihinanakit. **18** Inaamin ko ang aking pagkakasala;
nababahala ako sa aking kasalanan. **19** Pero napakarami ng
aking mga kaaway; ang mga napopoot ng mali ay marami. **20**
Gumaganti (sila) ng masama sa aking kabutihan; nagbabato
(sila) ng paratang sa akin kahit pinagpatuloy ko kung ano
ang mabuti. **21** Huwag mo akong pabayaan, Yahweh; aking
Diyos, huwag kang lumayo sa akin. **22** Magmadali kang
pumunta para tulungan ako, Panginoon, na aking kaligtasan.

**39** Napagpasyahan ko, "Iingatan ko kung ano ang aking
sasabihin para hindi magkasala dahil sa aking dila.
Bubusalan ko ang aking bibig habang nasa harapan ng

masamang tao." 2 Nanatili akong tahimik; pinigilan ko ang
aking mga salita kahit na sa pagsasabi ng mabuti, at ang
aking paghihirap ay lalong lumala. 3 Nag-aalab ang aking
puso; kapag iniisip ko ang tungkol sa mga bagay na ito,
nakapapaso ito tulad ng isang apoy. Kaya sa wakas nagsalita
na ako. 4 Yahweh, ipaalam mo sa akin kung kailan ang
katapusan ng aking buhay at ang kahabaan ng aking mga
araw. Ipakita mo sa akin kung paano ako lilipas. 5 Tingnan
mo, ginawa mo lamang kasing lapad ng aking kamay ang
aking mga araw, at ang haba ng aking buhay ay balewala
para sa iyo. Tunay na ang bawat tao ay parang isang hininga.
(Selah) 6 Tunay nga na ang bawat tao ay lumalakad tulad ng
isang anino. Tunay nga na ang lahat ng tao ay nagmamadali
sa pag-iipon ng kayamanan kahit na hindi nila alam kung
kanino mapupunta ito. 7 Ngayon, Panginoon, para saan
ang aking paghihintay? Ikaw lamang ang aking pag-asa. 8
Ako ay bigyan mo ng katagumpayan sa lahat ng aking mga
kasalanan: huwag mo akong gawing paksa ng pangungutya
ng mga mangmang. 9 Nananahimik ako at hindi binubuksan
ang aking bibig dahil sa iyong ginawa. 10 Itigil mo na ang
pagpapahirap sa akin; nalulula ako sa pamamagitan ng
hampas ng inyong kamay. 11 Kapag itinutuwid mo ang mga
tao dahil sa kasalanan, dahan-dahan mong inuubos ang
kanilang lakas tulad ng isang gamu-gamo; tunay na balewala
ang lahat ng tao tulad ng singaw. (Selah) 12 Pakinggan mo
ang aking dalangin, Yahweh, makinig ka sa akin, makinig
ka sa aking pag-iyak! Huwag kang maging bingi sa akin,
dahil tulad ako ng isang dayuhang kasama ninyo, isang
nangibang-bayan tulad ng lahat ng aking mga ninuno. 13
Ibaling mo ang iyong pagtitig mula sa akin para muli akong
makangiti bago ako mamatay."

**40** Matiyaga akong naghintay kay Yahweh; pinakinggan
niya ako at dininig ang aking pag-iyak. 2 Inahon niyo
din ako mula sa kakilakilabot na hukay, mula sa putikan, at
itinayo niya ang aking mga paa sa isang bato at itinatag
ang aking paglalakbay. 3 Siya ang naglagay sa aking mga
bibig ng bagong awit, papuri sa ating Diyos. Marami ang
makakaalam nito at pararangalan siya at magtitiwala kay
Yahweh. 4 Mapalad ang taong ginagawa niyang sandigan si
Yahweh at hindi nagpaparangal sa mayayabang o silang
tumalikod mula sa kaniya tungo sa kasinungalingan. 5
Marami, Yahweh aking Diyos, ang kamangha-manghang
bagay na iyong ginawa at hindi mabibilang ang iyong mga
iniisip para sa akin; kung ihahayag ko at sasabihin ang mga
ito, higit pa sa maaaring mabilang ang mga ito. 6 Hindi
kayo nagagalak sa pag-aalay o paghahandog pero binuksan
mo ang aking tainga; hindi mo hiniling ang mga sinunog
na alay o mga alay sa kasalanan. 7 Pagkatapos sinabi
ko, "Masdan mo, dumating ako; nasusulat sa balunbon
nang kasulatan ang tungkol sa akin. 8 Nalulugod akong
gawin ang iyong kalooban, aking Diyos; ang iyong mga
batas ay nasa aking puso." 9 Pinahayag ko ang magandang
balita ng iyong katuwiran sa malaking pagtitipon; Yahweh,
alam mong hindi ko mapipigilan ang labi ko sa pagsasabi
nito. 10 Hindi ko ikinubli ang iyong katuwiran sa aking
puso; inihayag ko ang iyong katapatan at kaligtasan; hindi
ko itinago ang iyong katapatan sa tipan o iyong pagiging
mapagkakatiwalaan sa malaking pagtitipon. 11 Huwag mong
ipagkait ang iyong mga maawing pagkilos sa akin, Yahweh;
hayaan mong ang katapatan mo sa tipan at ang iyong
pagiging mapagkakatiwalaan ay lagi pag-ingatan ako. 12
Nakapalibot sa akin ang hindi mabilang na kaguluhan; naipit
ako ng aking kasamaan kaya wala na akong makitang
anumang bagay; marami pa (sila) kaysa sa mga buhok sa
aking ulo, at binigo ako ng aking puso. 13 Malugod ka,
Yahweh, na ako ay iyong sagipin; magmadali kang tulungan
ako, Yahweh. 14 Hayaan mo silang mapahiya at ganap
na mabigo, silang mga naghahangad na kunin ang aking
buhay. hayaan mo silang tumalikod at madala sa kahihiyan,
silang mga nagagalak na saktan ako. 15 Hayaan mo silang
masindak dahil sa kanilang kahihiyan, silang mga nagsasabi
sa akin ng, "Aha, aha!" 16 Pero magalak nawa silang mga
naghahanap sa iyo at sa iyo ay maging masaya; hayaan
mong ang lahat ng nagmamahal sa iyong pagliligtas ang
patuloy na magsabi, "Nawa si Yahweh ay mapapurihan." 17
Ako ay mahirap at nangangailangan; pero iniisip pa rin ako
ng Panginoon. Ikaw ang aking katuwang at dumating ka
para sagipin ako; huwag kang magtagal aking Diyos.

**41** Mapalad siya na may malasakit para sa mga mahihina;
sa araw ng kaguluhan, Si Yahweh ang magliligtas sa
kaniya. 2 Pangangalagaan siya ni Yahweh at buhay niya
ay pananatilihin, at sa lupa siya ay pagpapalain. Hindi siya
ibibigay ni Yahweh sa kapangyarihan ng kaniyang mga
kaaway. 3 Si Yahweh ang aalalay sa kaniya sa higaan
ng paghihirap; gagawin mong higaan ng kagalingan ang
kaniyang higaan ng karamdaman. 4 Sinabi ko, "Yahweh,
maawa ka sa akin! Pagalingin mo ako dahil nagkasala ako
laban sa iyo." 5 Ang mga kaaway ko ay nagsasalita ng
masama laban sa akin, nagsasabing, "Kailan kaya siya
mamamatay at maglalaho ang kaniyang pangalan? 6 Kapag
pumupunta ang kaaway ko para makita ako, nagsasabi siya
ng mga bagay na walang kwenta; iniipon ng kaniyang puso
ang aking sakuna para sa kaniyang sarili, kapag lumayo
siya mula sa akin, ipinagsasabi niya sa iba ang tungkol
dito. 7 Lahat ng mga napopoot sa akin ay sama-samang
nagbubulungan laban sa akin; laban sa akin, umaasa (sila)
na masaktan ako. 8 "Isang masamang karamdaman,"
sinasabi nila, "ang kumakapit ng mahigpit sa kaniya; ngayon

na nakahiga na siya, hindi na siya makakabangon pa.” 9
Sa katunayan, kahit ang sarili kong malapit na kaibigan
na aking pinagkakatiwalaan, ang siyang kumain ng aking
tinapay, ay inangat ang sakong niya laban sa akin. 10 Pero
ikaw, Yahweh, ay naawa sa akin at ibinangon ako para
pagbayarin ko (sila) 11 Sa pamamagitan nito nalaman ko na
nasisiyahan ka sa akin, dahil ang mga kaaway ko ay hindi
nagtatagumpay laban sa akin. 12 Para sa akin, tinulungan
mo ako sa aking katapatan at iingatan ako sa harap ng iyong
mukha magpakailanman. 13 Nawa si Yahweh, ang Diyos
ng Israel, ay purihin magpakailan pa man. Amen at Amen.
Ikalawang Aklat

42 Gaya ng usa na hinihingal at nananabik para sa tubig
na umaagos, gayon ang pagkauhaw ko para sa iyo, O
Diyos. 2 Nauuhaw ako para sa Diyos, para sa Diyos na
buhay; kailan kaya ako makapupunta at makahaharap sa
Diyos? 3 Ang mga luha ko ang naging pagkain ko araw
at gabi, habang ang mga kaaway ko ay laging nagsasabi
sa akin, “Nasaan ang Diyos mo?” 4 Inaalala ko ang mga
bagay na ito habang binubuhos ko ang aking kaluluwa:
kung paano ako pumunta kasama ang napakaraming tao at
pangunahan (sila) patungo sa tahanan ng Diyos na may
tinig ng kagalakan at pagpupuri, ang napakaraming tao na
nagdiriwang ng kapistahan. 5 Bakit ka yumuyukod, aking
kaluluwa, at bakit ka nababalisa sa aking kalooban? Umasa
ka sa Diyos, dahil pupurihin ko siya sa tulong ng kaniyang
presensiya. 6 Diyos ko, ang aking kaluluwa ay yumuyukod sa
aking kalooban, kaya inaalala kita mula sa lupain ng Jordan,
mula sa tatlong tuktok ng Bundok ng Hermon, at mula sa
burol ng Mizar. 7 Tumatawag ang kalaliman sa kalaliman ng
ingay ng iyong mga talon, lahat ng iyong mga alon at mga
nagtataasang alon ay dumating sa akin. 8 Pero uutusan ni
Yahweh ang kaniyang katapatan sa tipan sa umaga; sa gabi
kasama ko ang kaniyang awit, ang panalangin sa Diyos ng
buhay ko. 9 Sasabihin ko sa aking Diyos na aking malaking
bato, “Bakit mo ako kinalimutan? Bakit ako nagluluksa dahil
sa pang-aapi ng aking kaaway? 10 Gaya ng espada sa aking
mga buto, kinukutya ako ng aking mga katunggali habang
palagi nilang sinasabi sa akin, “Nasaan na ang Diyos mo?”
11 Bakit ka yumuyukod, aking kaluluwa? Bakit ka nababalisa
sa aking kalooban? Umasa ka sa Diyos, dahil magpupuri pa
ako sa kaniya, na saklolo ng aking mukha at aking Diyos.

43 Hatulan mo ako, O Diyos, at ipagtanggol ang aking
kapakanan laban sa makasalanang bansa; 2 Dahil
ikaw ang Diyos ng aking kalakasan; bakit mo ako itinapon
palayo? Bakit ako nagluluksa dahil sa pang-aapi ng kaaway?
3 O, ipadala mo ang iyong liwanag at katotohanan; hayaan
mong pangunahan nila ako; hayaan mong dalhin ako sa
banal mong burol at sa iyong tabernakulo. 4 Pagkatapos,
pupunta ako sa altar ng Diyos, sa Diyos na aking lubos na
kaligayahan; at sa aking alpa pupurihin kita, O Diyos, aking
Diyos. 5 Bakit ka yumuyukod, aking kaluluwa? Bakit ka
nababalisa sa aking kalooban? Umasa ka sa Diyos; dahil
magpupuri pa ako sa kaniya, siya na aking saklolo at aking
Diyos.

44 Narinig ng aming mga tainga, O Diyos, ang sinabi ng
aming mga ninuno sa amin tungkol sa ginawa mo sa
kanilang mga araw, noong unang panahon. 2 Pinalayas
mo ang mga bansa gamit ang iyong kamay, pero itinanim
mo ang aming bayan; pinahirapan mo ang mga tao, pero
ikinalat mo ang aming bayan sa buong lupain. 3 Dahil
hindi nila nakuha ang lupain para maging ari-arian nila
sa pamamagitan ng sarili nilang espada; ni ang kanilang
sandata ang nagligtas sa kanila; kundi ang iyong kanang
kamay, ang iyong bisig at ang ningning ng iyong mukha,
dahil sinang-ayunan mo (sila) 4 O Diyos, ikaw ang aking
hari; pamahalaan mo ang tagumpay para kay Jacob. 5 Sa
pamamagitan mo, ibabagsak namin ang aming mga kalaban;
sa pamamagitan ng iyong pangalan, tatapakan namin silang
mga tumitindig laban sa amin. 6 Dahil hindi ako nagtitiwala
sa aking pana, ni sa aking espada na ililigtas ako. 7 Pero
iniligtas mo kami mula sa aming mga kalaban at inilagay sa
kahihiyan ang mga napopoot sa amin. 8 Ang Diyos ang
aming ipinagmamalaki buong araw, at magpapasalamat
kami sa iyong pangalan magpakailanman. (Selah) 9 Pero
ngayon, kami ay iyong itinapon, at dinala kami sa kahihiyan,
at hindi mo na sinasamahan ang aming mga hukbo. 10
Pinaatras mo kami mula sa aming kalaban; at ang mga
napopoot sa amin ay kinamkam ang yaman para sa kanilang
mga sarili. 11 Ginawa mo kaming tulad ng tupa na nakalaan
para kainin at ikinalat kami sa mga bansa. 12 Ipinagbili
mo ang iyong bayan para sa wala; hindi mo napalago ang
iyong kayamanan sa paggawa nito. 13 Ginagawa mo kaming
katawa-tawa sa aming mga kapwa, hinamak at kinutya kami
ng mga taong nakapaligid sa amin. 14 Ginagawa mo kaming
isang panlalait sa kalagitnaan ng mga bansa, isang pag-iiling
sa kalagitnaan ng mga tao. 15 Buong araw nasa harapan
ko ang aking kasiraan, at nabalot ng kahihiyan ang aking
mukha 16 dahil sa tinig niyang nanlalait at nanghahamak,
dahil sa kaaway at naghihiganti. 17 Lahat ng ito ay dumating
sa amin, pero hindi ka namin kinalimutan o pinakitunguhan
ng mali ang iyong tipan. 18 Hindi tumalikod ang aming
mga puso; hindi lumayo ang aming mga hakbang mula sa
iyong daan. 19 Pero lubha mo pa rin kaming pinahirapan sa
lugar ng mga aso at binalot kami ng anino ng kamatayan.
20 Kung nakalimot kami sa pangalan ng aming Diyos o
nag-unat ng aming mga kamay sa hindi kilalang diyos, 21

hindi kaya ito sisiyasatin ng Diyos? Dahil nalalaman niya
ang mga lihim ng puso. 22 Sa katunayan, para sa iyong
kapakanan, kami ay pinapatay buong araw; itinuring kaming
mga tupa para katayin. 23 Gumising ka, bakit ka natutulog,
Panginoon? 24 Tumindig ka, huwag mo kaming ilayo ng
tuluyan. Bakit mo tinatago ang iyong mukha at kinakalimutan
ang aming paghihirap at kaapihan? 25 Dahil natunaw kami
sa alabok; ang aming mga katawan ay kumakapit sa lupa.
26 Bumangon ka para sa aming tulong at tubusin kami alang-
alang sa iyong katapatan sa tipan.

**45** Nag-uumapaw ang aking puso sa mabuting paksa;
babasahin ko nang malakas ang mga salita na aking
isinulat tungkol sa hari; ang aking dila ang panulat ng isang
manunulat na handa. 2 Ikaw ay mas makisig kaysa mga
anak ng tao; biyaya ay binuhos sa iyong mga labi; kaya
alam namin na pinagpala ka ng Diyos magpakailanman.
3 Ilagay mo ang iyong espada sa iyong hita, ikaw na
makapangyarihan, sa iyong kaluwalhatian at kamaharlikahan.
4 Sa iyong kamaharlikahan matagumpay kang sumakay
dahil sa pagiging mapagkakatiwalaan, kapakumbabaan at
katuwiran; ituturo ng iyong kanang kamay ang mga katakot-
takot na mga bagay. 5 Ang iyong mga palaso ay matalim;
ang mga tao ay babagsak sa iyong ilalim; ang iyong mga
palaso ay nasa puso ng mga kalaban ng hari. 6 Ang
iyong trono, O Diyos, ay magpakailanpaman; ang setro ng
katarungan ay setro ng iyong kaharian. 7 Minamahal mo
ang matuwid at kinasusuklaman ang kasamaan; kaya O
Diyos, ang iyong Diyos, ay hinirang ka sa pamamagitan ng
langis ng kasayahan na higit sa iyong mga kasamahan. 8
Ang lahat ng iyong kasuotan ay amoy mira, mga sabila at
kasia; mula sa mga palasyong gawa sa garing pinasasaya
kayo ng mga instrumentong may kwerdas. 9 Ang mga anak
na babae ng mga hari ay kabilang sa mga kagalang-galang
na kababaihan; sa iyong kanang kamay nakatayo ang reyna
na nadaramtan ng ginto ng Ophir. 10 Makinig ka, anak na
babae, isaalang-alang mo at ikiling ang iyong pandinig;
kalimutan mo ang iyong sariling bayan at ang tahanan ng
iyong ama. 11 Sa ganitong paraan nanaisin ng hari ang
iyong kagandahan; siya ang iyong panginoon; igalang mo
siya. 12 Ang anak na babae ng Tiro ay pupunta na may
dalang isang handog; ang mga mayayaman kasama ng mga
tao ay magmamakaawa ng iyong tulong. 13 Ang maharlika
na anak na babae sa palasyo ay lahat maluwalhati; ang
kaniyang kasuotan ay ginto ang palamuti. 14 Dadalhin siya
sa hari na may binurdahang damit, ang mga birhen, ang
mga kasama niyang sumusunod sa kanya ay dadalhin sa
iyo. 15 Pangungunahan (sila) ng kagalakan at pagsasaya;
at sa palasyo ng hari papasok (sila) 16 Sa lugar ng iyong
mga ama naroon ang iyong mga anak, na siyang gagawin
mong mga prinsipe sa buong mundo. 17 Gagawin ko ang
lahat para ang iyong pangalan ay maalala ng lahat ng
salinlahi; kaya ang mga tao ay bibigyan ka ng pasasalamat
magpakailanpaman.

**46** Ang Diyos ang ating kublihan at kalakasan, ang
handang tumulong kapag may kaguluhan. 2 Kaya
nga, hindi kami matatakot, kahit na ang lupa ay mabago,
kahit na ang mga kabundukan ay mayanig papunta sa puso
ng karagatan, 3 kahit na ang mga tubig nito ay umugong
at mangalit, at kahit ang mga kabundukan ay mayanig sa
pagragasa ng tubig. (Selah) 4 Doon ay may isang ilog, na
ang agos ay pinasasaya ang lungsod ng Diyos, ang banal
na lugar ng mga tabernakulo ng Kataas-taasan. 5 Ang Diyos
ay nasa gitna niya; siya ay hindi matitinag; tutulungan siya
ng Diyos, at gagawin niya ito sa pagbubukang-liwayway. 6
Ang mga bansa ay napoot at ang mga kaharian ay nayanig;
ang tinig niya ay kaniyang itinaas, at ang lupa ay naagnas. 7
Si Yahweh, ang Diyos ng mga hukbo ay kasama natin; ang
Diyos ni Jacob na kublihan natin. (Selah) 8 Lumapit kayo,
masdan ang mga ginawa ni Yahweh, ang pagkawasak na
kaniyang idinulot sa mundo. 9 Pinahihinto niya ang mga
digmaan sa dulo ng mundo; binali niya ang mga pana at
ang mga sibat ay pinagpira-piraso; ang mga panangga ay
kaniyang sinunog. 10 Tumahimik kayo at kilalanin ninyo
na ako ay Diyos; itatanghal ako sa ginta ng mga bansa;
itatanghal ako sa mundo. 11 Si Yahweh ng mga hukbo ay
sasaatin; ang Diyos ni Jacob ang kublihan natin. (Selah)

**47** Kayong lahat na mga tao, ipalakpak ninyo ang inyong
mga kamay; sumigaw kayo sa Diyos sa tunog ng
tagumpay. 2 Dahil kasindak-sindak ang Kataas-taasang si
Yahweh; sa buong mundo siya ang dakilang Hari. 3 Nilulupig
niya ang mga tao sa ilalim natin at ang mga bansa sa ilalim
ng ating mga paa. 4 Pinipili niya ang ating mamanahin para
sa atin, ang kaluwalhatian ni Jacob na minahal niya. (Selah)
5 Sa pamamagitan ng isang sigaw ang Diyos ay naitaas, si
Yahweh sa pamamagitan ng tunog ng isang trumpeta. 6
Umawit ng mga papuri sa Diyos, umawit ng mga papuri;
umawit ng mga papuri sa ating Hari, umawit ng mga papuri.
7 Dahil ang Diyos ang Hari ng buong mundo; umawit ng
papuri na may pang-unawa. 8 Ang Diyos ay naghahari sa
lahat ng mga bansa; ang Diyos ay nakaupo sa kaniyang
banal na trono. 9 Ang mga prinsipe ng mga tao ay nagtipon-
tipon kasama ang bayan ng Diyos ni Abraham; dahil ang
mga pananggalang ng mundo ay pag-aari ng Diyos; siya ay
pinarangalan ng lubos.

**48** Dakila si Yahweh at lubos na dakila para purihin, sa
lungsod ng ating Diyos sa kaniyang bundok na banal.
2 Ang pagiging matayog nito ay kay gandang pagmasdan,

ang kagalakan ng buong mundo, ay ang Bundok ng Sion,
sa mga dako ng hilaga, ang lungsod ng Haring dakila. **3**
Nagpakilala ang Diyos sa kaniyang mga palasyo bilang isang
kublihan. **4** Pero, tingnan niyo, ang mga hari ay pinulong ang
kanilang mga sarili; (sila) ay dumaan nang magkakasama.
**5** Nakita nila ito, pagkatapos (sila) ay namangha, (sila) ay
nasiraan ng loob at nagmamadaling lumayo. **6** Pangangatog
ang bumalot sa kanila doon, sakit gaya ng isang babaeng
nanganganak. **7** Sa pamamagitan ng hangin ng silangan
sinira mo ang mga barko ng Tarsis. **8** Gaya ng aming narinig,
ay ganoon din ang aming nakita sa lungsod ni Yahweh ng
mga hukbo, sa lungsod ng ating Diyos; itatatag ito ng Diyos
magpakailanman. (Selah) **9** Naalala namin ang tungkol
sa iyong katapatan sa tipan, O Diyos, sa gitna ng iyong
templo. **10** Gaya ng iyong pangalan, O Diyos, gayundin ang
papuri sa iyo hanggang sa mga dulo ng mundo; ang iyong
kanang kamay ay puno ng katuwiran. **11** Hayaan mong ang
Bundok ng Sion ay matuwa, hayaan mong ang mga anak na
babae ng Juda ay magsaya dahil sa iyong makatuwirang
mga kautusan. **12** Maglakad sa palibot ng Bundok Sion,
umikot ka sa kaniya; bilangin mo ang kaniyang mga tore, **13**
masdan mong mabuti ang kaniyang mga pader, at tingnan
ang kaniyang mga palasyo nang sa gayon masabi mo ito sa
susunod na salinlahi. **14** Dahil ang Diyos na ito ang ating
Diyos magpakailanpaman; siya ang ating magiging gabay
hanggang sa kamatayan.

**49** Pakinggan ninyo ito, lahat kayong mga mamamayan;
ibaling ang inyong pandinig, lahat kayong mga
naninirahan sa mundo, **2** kapwa mababa at mataas,
mayaman at mahirap na magkakasama. **3** Magsasabi ang
aking bibig ng karunungan at ang magiging pagbubulay-
bulay ng aking puso ay pang-unawa. **4** Ikikiling ko ang aking
pandinig sa isang parabola; sisimulan ko ang aking parabola
gamit ang alpa. **5** Bakit kailangang matakot ako sa mga
araw ng kasamaan, kapag napapaligiran ako ng kasamaan
sa aking mga sakong? **6** Ang mga nagtitiwala sa kanilang
yaman at ipinagmamalaki ang halaga ng kanilang yaman
- **7** tiyak na walang makatutubos sa kaniyang kapatid o
makapagbibigay sa Diyos ng panubos para sa kaniya, **8**
Dahil mahal ang pagtubos ng buhay ng isang tao, at sa
ating pagkakautang walang makakapagbayad. **9** Walang
mabubuhay ng magpakailanman nang hindi mabubulok ang
kanyang katawan. **10** Dahil makararanas siya ng pagkabulok.
Ang mga marurunong ay namamatay; ang mga hangal at
ang mga malupit ay parehong mamamatay at iiwanan nila
ang kanilang kayamanan sa iba. **11** Ang nasa kaloob-looban
ng kaisipan nila ay magpapatuloy ang kanilang mga pamilya
magpakailanman, pati na ang mga lugar kung saan (sila)
naninirahan, sa lahat ng mga salinlahi; tinawag nila ang
kanilang mga lupain ayon sa kanilang mga pangalan. **12** Pero
ang tao na may taglay na yaman ay hindi nananatiling buhay;
tulad siya ng mga hayop na namamatay. **13** Ito, ang kanilang
pamamaraan, ay kanilang kahangalan; pero pagkatapos
nila, ang mga tao ay sumasang-ayon sa kanilang mga
sinasabi. (Selah) **14** Itinatalaga (sila) tulad ng isang kawan
na pupunta sa sheol; kamatayan ang kanilang magiging
pastol; ang matuwid ay magkakaroon ng kapangyarihan sa
kanila pagsapit ng umaga; lalamunin ng sheol ang kanilang
mga katawan at wala silang lugar na matitirahan. **(Sheol
h7585)** **15** Pero tutubusin ng Diyos ang aking buhay mula
sa kapangyarihan ng sheol; ako ay kaniyang tatanggapin.
(Selah) **(Sheol h7585)** **16** Huwag matakot kapag may isang
taong yumayaman, kapag ang kapangyarihan ng kaniyang
pamilya ay lumalawak, **17** dahil kapag siya ay namatay, wala
siyang dadalhin kahit anong bagay; hindi niya kasamang
bababa ang kanyang kapangyarihan. **18** Pinagpala niya ang
kaniyang kaluluwa habang siya ay nabubuhay - at pinupuri
ka ng mga tao kapag namumuhay ka para sa iyong sarili -
**19** pupunta siya sa salinlahi ng kanyang mga ama at hindi
nila kailanman makikitang muli ang liwanag. **20** Ang isang
taong may yaman pero walang pang-unawa ay tulad ng mga
hayop na namamatay.

**50** Ang Tanging Makapangyarihan, ang Diyos, si Yahweh,
ay nagsalita at tinawag ang daigdig mula sa pagsikat
ng araw hanggang sa paglubog nito. **2** Mula sa Sion, ang
kaganapan ng kagandahan, ang Diyos ay nagningning. **3**
Dumarating ang ating Diyos at hindi nananatiling tahimik;
isang apoy ang lumalamon sa harapan niya, at bumabagyo
nang napakalakas sa kanyang paligid. **4** Nananawagan siya
sa kalangitan at sa lupa para mahatulan niya ang kaniyang
bayan: **5** "Tipunin ang mga matatapat sa akin, ang mga
nakipagtipan sa akin sa pamamagitan ng pag-aalay." **6**
Ipahahayag ng kalangitan ang kaniyang katuwiran, dahil ang
Diyos mismo ay hukom. (Selah) **7** "Makinig, aking bayan, at
ako ay magsasalita; ako ang Diyos, ang inyong Diyos. **8**
Hindi ko kayo susumbatan dahil sa inyong mga alay; ang
sinunog ninyong mga handog ay laging nasa aking harapan.
**9** Wala akong kukuning toro mula sa inyong bahay, o lalaking
mga kambing mula sa inyong mga kawan. **10** Dahil ang
bawat hayop sa kagubatan ay sa akin, at ang mga baka
na nasa isang libong burol. **11** Kilala ko ang lahat ng mga
ibon sa mga bundok, at ang mga mababangis na hayop sa
bukid ay sa akin. **12** Kung ako ay nagugutom, hindi ko sa
inyo sasabihin; dahil ang mundo ay sa akin, at ang lahat
ng mga bagay dito, ay sa akin din. **13** Kakainin ko ba ang
laman ng mga toro o iinumin ang dugo ng mga kambing?
**14** Maghandog kayo sa Diyos ng alay ng pasasalamat, at
tuparin ninyo ang inyong mga banal na panata sa Kataas-

taasan. **15** Tumawag kayo sa akin sa araw ng kaguluhan;
sasagipin ko kayo, at ako ay inyong luluwalhatiin." **16**
Pero sa mga makasalanan sinasabi ng Diyos, "Ano ang
kinalaman mo sa pagpapahayag ng aking mga kautusan,
at sinasambit mo ang aking tipan, **17** gayong ang aking
tagubilin ay inyong kinamumuhian at ang aking mga salita
ay inyong itinatapon? **18** Kapag nakakakita kayo ng isang
magnanakaw, sumasang-ayon kayo sa kanya; nakikisali kayo
sa mga nangangalunya. **19** Nagsasabi kayo ng kasamaan,
at naghahayag ang inyong dila ng kasinungalingan. **20**
Umuupo kayo at nagsasalita laban sa inyong kapatid; ang
anak ng sarili ninyong ina ay inyong sinisiraang puri. **21**
Ginawa ninyo ang mga bagay na ito, pero nanatili akong
tahimik, kaya inisip ninyo na isa lamang akong katulad
ninyo. Pero susumbatan ko kayo at ipapakita ko ang lahat
ng mga bagay na inyong ginawa. **22** Ngayon isaalang-
alang niyo ito, kayong nakakalimot sa Diyos; dahil kung
hindi ay dudurugin ko kayo at walang sinumang darating
para tulungan kayo: **23** Sinumang naghahandog ng alay
ng pasasalamat ay nagpupuri sa akin, at sa sinumang
nagpaplano ng kaniyang landas sa tamang paraan, ipakikita
ko sa kaniya ang pagliligtas ng Diyos."

**51** Kaawaan mo ako, Diyos, dahil sa iyong katapatan
sa tipan; alang-alang sa iyong mga maawaing gawa,
burahin mo ang aking mga kasalanan. **2** Mula sa aking
mabigat na pagkakasala ako ay hugasan mo nang lubusan
at linisin ako mula sa aking kasalanan. **3** Dahil alam ko
ang aking mga paglabag, at laging naaalala ang aking
kasalanan. **4** Laban sa iyo, sa iyo lamang ako nagkasala
at sa iyong paningin ginawa kung ano ang napakasama;
matuwid ka kapag nagsasalita; tama ka kapag humahatol. **5**
Masdan mo, ako ay isinilang sa malaking kasalanan; nang
ipinagdadalang-tao ako ng aking ina, ako ay naroon na sa
kasalanan. **6** Masdan mo, sa aking puso ang ninanais mo ay
ang pagiging-mapagkakatiwalaan; sa aking puso ipaaalam
mo ang karunungan. **7** Dalisayin mo ako ng isopo, at ako ay
magiging malinis; hugasan mo ako at magiging mas maputi
ako kaysa niyebe. **8** Iparinig mo sa akin ang kasiyahan at
kagalakan para magsaya ang mga buto na iyong binali.
**9** Itago mo ang iyong mukha sa aking mga kasalanan at
pawiin ang lahat ng mga nagawa kong kasamaan. **10**
Likhain mo sa akin ang isang malinis na puso, Diyos, at
ipanumbalik sa akin ang isang matuwid na espiritu. **11** Sa
iyong presensiya huwag mo akong paalisin, at huwag alisin
ang iyong Banal na Espiritu mula sa akin. **12** Ibalik mo sa
akin ang kagalakan ng iyong pagliligtas, at pagkalooban
mo ako ng espiritung handang sumunod. **13** Pagkatapos
ituturo ko sa mga lumalabag sa iyong mga utos ang iyong
mga pamamaraan, at magbabalik-loob sa iyo ang mga
makasalanan. **14** Patawarin mo ako dahil sa pagdadanak
ng dugo, Diyos ng aking kaligtasan, at sisigaw ako nang
buong kagalakan sa iyong katuwiran. **15** Panginoon, buksan
mo ang aking mga labi, at ipahahayag ng aking bibig ang
iyong kapurihan. **16** Pero hindi ka nagagalak sa alay, kundi
ito ay aking ibibigay; sa mga sinunog na handog hindi ka
nasisiyahan. **17** Ang mga alay na karapat-dapat sa Diyos ay
isang basag na kalooban. Hindi mo hahamakin, O Diyos, ang
isang basag at nagsisising puso. **18** Gawan mo ng mabuti
ang Sion ayon sa iyong kasiyahan; itayo mong muli ang mga
pader ng Jerusalem. **19** Kung magkagayon ay malulugod ka
sa mga alay ng katuwiran, sa sinunog na mga handog at
lubusang sinunog na mga handog; pagkatapos, ang aming
bayan ay maghahandog ng mga toro sa iyong altar.

**52** Bakit mo ipinagyayabang ang iyong panggugulo, ikaw
malakas na lalaki? Ang katapatan ng Diyos sa tipan
ay dumarating araw-araw. **2** Nagbabalak ang iyong dila
tulad ng matalim na labaha na mapandayang gumagawa.
**3** Minamahal mo ang kasamaan kaysa sa kabutihan at
kasinungalingan kaysa sa pagsasabi ng katuwiran. (Selah)
**4** Mahal mo ang lahat ng mga salitang sumisira sa iba,
ikaw na mandarayang dila. **5** Kaya wawasakin ka rin
ng Diyos magpakailanman; siya ang mag-aalis sa iyo at
hahatakin kang palabas sa iyong tolda at bubunutin ka
mula sa lupain ng mga nabubuhay. (Selah) **6** Ang matuwid
ay makikita rin ito at matatakot; tatawanan siya nila at
sasabihing, **7** "Tingnan mo, ito ang taong hindi ang Diyos
ang ginawang kalakasan pero nagtiwala sa kasaganahan ng
kaniyang kayamanan at pinatunayan ang kaniyang sarili
sa kasamaang kaniyang ginagawa." **8** Pero para sa akin,
katulad ko ang isang berdeng punong olibo sa tahanan ng
Diyos; ako ay magtitiwala sa katapatan ng Diyos sa tipan
magpakailanpaman. **9** Ako ay magbibigay pasasalamat,
O Diyos, magpakailanman dahil sa mga bagay na iyong
ginawa. Umaasa ako sa iyong pangalan, dahil ito ay mabuti
sa harapan ng mga matatapat.

**53** Sinasabi ng mangmang sa kaniyang puso, "Walang
Diyos." Masama (sila) at gumawa ng kasuklam-suklam
na pagkakasala; walang sinuman ang gumagawa ng mabuti.
**2** Mula sa langit nakatanaw ang Diyos sa mga anak ng tao
para tingnan kung may nakauunawa na naghahanap sa
kaniya. **3** Ang bawat isa sa kanila ay tumalikod; ang lahat
ay naging marumi; wala ni isang gumagawa ng mabuti,
wala, wala kahit isa. **4** Wala ba silang nalalaman, silang
gumagawa ng pagkakasala, silang mga kumakain ng aking
bayan gaya ng pagkain ng tinapay pero hindi tumatawag sa
Diyos? **5** (Sila) ay nasa kalagitnaan ng matinding pagkatakot,
kahit na walang dahilan para matakot; dahil ikakalat ng

Diyos ang mga buto ng sinumang nagsasama-sama laban
sa inyo; ang ganiyang mga tao ay ilalagay sa kahihiyan
dahil (sila) ay tinanggihan ng Diyos. 6 O, ang kaligtasan ng
Israel ay darating mula sa Sion! Kapag ibinalik na ng Diyos
ang kaniyang bayan mula sa pagkakabihag, magdiriwang si
Jacob at ang Israel ay magagalak!

54 Iligtas mo ako, O Diyos, sa pamamagitan ng iyong
pangalan, at sa iyong kalakasan, hatulan mo ako. 2
Pakinggan mo ang aking panalangin, O Diyos; pakinggan mo
ang mga salita ng aking bibig. 3 Dahil ang mga dayuhan ay
naghimagsik laban sa akin, at ang mga walang awang mga
lalaki ay pinagtangkaan ang aking buhay; hindi nila itinakda
ang Diyos sa kanilang harapan. (Selah) 4 Masdan mo, ang
Diyos ang tumutulong sa akin; ang Panginoon ang siyang
nagtataas sa akin. 5 Ibabalik niya sa aking mga kaaway ang
kasamaan; sa iyong katapatan, wasakin mo (sila) 6 Mag-
aalay ako ng kusang-loob na handog; ako ay magbibigay
pasasalamat sa iyong pangalan, Yahweh, dahil ito ay mabuti.
7 Dahil siya ang sumagip sa akin mula sa bawat kaguluhan;
ang aking mata ay nakatingin ng matagumpay laban sa
aking mga kaaway.

55 Pakinggan mo aking panalangin, O Diyos; at huwag
mong itago ang iyong sarili sa aking pagsamo. 2
Pakinggan mo ako at ako ay iyong sagutin; wala akong
kapahingahan sa aking mga kaguluhan. 3 dahil sa tinig ng
aking mga kaaway, dahil sa pang-aapi ng masasama; dahil
nagdala (sila) ng kaguluhan sa akin at galit akong inuusig.
4 Lubhang nasaktan ang aking puso, at binagsakan ako
ng malaking takot sa kamatayan. 5 Dumating sa akin ang
pagkatakot at panginginig, at kilabot ang nanaig sakin. 6
Aking sinabi, "O, kung mayroon lamang akong mga pakpak
tulad ng kalapati! Kung magkagayon lilipad akong palayo
at magpapahinga. 7 Tingnan, ako ay gagala sa malayo;
doon ako mananahan sa ilang. (Selah) 8 Magmamadali
ako para sumilong mula sa malakas na hangin at unos".
9 Wasakin mo (sila) Panginoon, at guluhin ang kanilang
mga wika, dahil nakita ko ang karahasan at kaguluhan
sa lungsod. 10 Lumiligid (sila) araw at gabi sa ibabaw ng
kanyang pader, kasalanan at kalokohan ay nasa kalagitnaan
niya. 11 Kasamaan ang nasa gitna nito; ang pang-aapi at
pandaraya sa mga lansangan nito ay hindi umaalis. 12 Dahil
hindi isang kaaway ang sumasaway sa akin. kaya maaari ko
itong tiisin; ni hindi siya ang napopoot sa akin na itinaas ang
kaniyang sarili laban sa akin, dahil kung hindi itinago ko sana
ang aking sarili sa kanya. 13 Pero ikaw iyon, isang lalaking
kapantay ko, aking kasama at aking malapit na kaibigan. 14
Mayroon tayong matamis na pagsasamahan; naglakad tayo
kasama ang maraming tao sa tahanan ng Diyos. 15 Hayaang
mong biglang dumating ang kamatayan sa kanila; hayaang
mo silang bumaba ng buhay sa Sheol, dahil sa kalagitnaan
nila, sa kasamaan (sila) namumuhay. (Sheol h7585) 16 Para sa
akin, tatawag ako sa Diyos, at ililigtas ako ni Yahweh. 17
Magsusumbong ako at dadaing sa gabi, sa umaga at sa
tanghaling tapat; maririnig niya ang aking tinig. 18 Ligtas
niyang sasagipin ang aking buhay mula sa digmaang laban
sa akin, dahil marami silang mga lumaban sa akin. 19 Ang
Diyos, ang nananatili mula noon pang unang panahon, ay
makikinig at tumutugon sa kanila. (Selah) Ang mga taong
iyon ay hindi nagbago; (sila) ay hindi natatakot sa Diyos.
20 Itinataas ng aking kaibigan ang kaniyang mga kamay
laban sa kaniyang mga kasundo; hindi na niya iginalang ang
tipan na mayroon siya. 21 Ang kaniyang bibig ay kasindulas
ng mantikilya, pero ang kaniyang puso ay naghamon; mas
malambot pa kaysa sa langis ang kaniyang mga salita, pero
ang totoo (sila) ay mga binunot na espada. 22 Ilagay mo ang
iyong pasanin kay Yahweh, at ikaw ay kaniyang aalalayan;
hindi niya papayagang sumuray- suray sa paglalakad ang
taong matuwid. 23 Pero ikaw, O Diyos, ay dadalhin sa hukay
ng pagkawasak ang masama; ang mga uhaw sa dugo at
mandaraya ay hindi mabubuhay kahit kalahati ng buhay ng
iba, pero ako ay sa iyo magtitiwala.

56 Maawa ka sa akin, o Diyos, dahil may naghahangad
na lamunin ako; buong araw ay nilalabanan niya ako at
inaapi. 2 Hinahangad ng aking mga kaaway na lamunin ako
buong araw; dahil marami ang mayabang na kumakalaban
sa akin. 3 Kapag ako ay natatakot, magtitiwala ako sa iyo. 4
Sa Diyos, na ang salita ay aking pinupuri - sa Diyos ako
nagtitiwala; hindi ako matatakot; ano ang magagawa sa akin
ng mga pawang tao lamang? 5 Buong araw, binabaluktot
nila ang aking mga salita; lahat ng kanilang iniisip ay laban
sa akin para sa kasamaan. 6 Nagtitipon-tipon (sila) tinatago
nila ang kanilang mga sarili, at tinatandaan ang aking mga
hakbang, katulad ng kanilang paghihintay sa aking buhay. 7
Huwag mo silang hayaang makatakas na gumagawa ng
kasamaan. Pabagsakin mo ang mga tao sa iyong galit,
O Diyos. 8 Binibilang mo ang aking mga paglalakbay at
inilalagay mo ang aking mga luha sa iyong bote; wala ba
ang mga ito sa iyong aklat? 9 Pagkatapos tatalikod ang
aking mga kaaway sa araw ng aking pagtawag sa iyo; ito
ang aking nalalaman, na ang Diyos ay para sa akin. 10 Sa
Diyos, na ang salita ay pinupuri ko - kay Yahweh, na ang
salita ay pinupuri ko - 11 sa Diyos ako nagtitiwala; hindi
ako matatakot; ano ang magagawa sa akin ng pawang tao
lamang? 12 Ang tungkulin na tuparin ang lahat ng panata
ko sa iyo ay nasa akin, O Diyos; magbibigay ako ng mga
handog ng pasasalamat sa iyo. 13 Dahil sinagip mo ang
aking buhay mula sa kamatayan; pinigilan mo ang aking

mga paa na mahulog, para ako ay makalakad sa harapan
ng Diyos sa liwanag ng mga nabubuhay.

**57** Maging maawain ka sa akin, o Diyos, maging maawain
ka, dahil kumukubli ako sa iyo hanggang matapos ang
mga kaguluhan na ito. Nananatili ako sa ilalim ng iyong
mga pakpak para sa pag-iingat hanggang matapos na ang
pagwasak na ito. **2** Mananawagan ako sa Kataas-taasang
Diyos, sa Diyos, na ginagawa ang lahat ng bagay para sa
akin. **3** Magpapadala siya ng tulong mula sa langit at ililigtas
ako, kapag ang taong gusto akong lamunin ay nagagalit
sa akin; (Selah) ipadadala ng Diyos sa akin ang kaniyang
katapatan sa tipan at kaniyang pagiging mapagkakatiwalaan.
**4** Ang aking buhay ay nasa kalagitnaan ng mga leon; ako ay
nasa kalagitnaan ng mga handang lumapa sa akin. Ako
ay nasa kalagitnaan ng mga tao na ang mga ngipin ay
mga sibat at palaso, at ang mga dila ay matalim na mga
espada. **5** Maitanghal ka, O Diyos, sa taas ng kalangitan;
nawa ang iyong kaluwalhatian ay maitaas pa sa buong
mundo. **6** Naglalatag (sila) ng isang lambat sa aking mga
paa; ako ay nabagabag. Nagbungkal (sila) ng hukay sa
harap ko. (Sila) mismo ang nahulog sa gitna nito! (Selah) **7**
Ang aking puso ay naninindigan, O Diyos, ang aking puso
ay naninindigan; aawit ako, oo, aawit ako ng mga papuri. **8**
Gumising ka, marangal kong puso; gumising kayo, plauta at
alpa; gigisingin ko ang bukang-liwayway. **9** Magpapasalamat
ako sa iyo, Panginoon, sa gitna ng mga tao; aawit ako sa
iyo ng mga papuri sa gitna ng mga bansa. **10** Dahil ang
iyong katapatan sa tipan ay dakila sa kalangitan at ang iyong
pagiging mapagkakatiwalaan ay umaabot sa himpapawid.
**11** Maitanghal ka, O Diyos, sa taas ng kalangitan; nawa ang
iyong kaluwalhatian ay maitaas pa sa buong mundo.

**58** Nagsasabi ba kayong mga tagapamahala ng katuwiran?
Tuwid ba kayong humatol, kayong mga tao? **2** Hindi,
gumagawa kayo ng kasamaan sa inyong puso; naghahasik
kayo ng karahasan sa buong kalupaan gamit ang inyong
mga kamay. **3** Ihinihiwalay ang mga masasama mula sa
sinapupunan; naliligaw na (sila) simula nang kapanganakan
pa lamang, na nagsasabi ng mga kasinungalingan. **4** Ang
kanilang kamandag ay katulad ng kamandag ng ahas;
katulad (sila) ng binging ulupong na tinatakpan ang kanilang
mga tainga, **5** na hindi pinapansin ang tinig ng mga nang-
aamo, kahit gaano pa (sila) kagaling. **6** Sirain mo ang mga
ngipin ng kanilang mga bibig, O Diyos; sirain mo ang mga
malalaking ngipin ng mga batang leon, Yahweh. **7** Hayaan
mong matunaw (sila) katulad ng tubig na dumadaloy; kapag
pinapana nila ang kanilang mga palaso, hayaan mong
ang mga ito ay parang walang mga tulis. **8** Hayaan mo
silang maging parang kuhol na natutunaw at namamatay,
katulad ng sanggol na kulang sa buwan na ipinanganak
ng isang babae, na hindi kailanman makikita ang sikat
ng araw. **9** Bago pa maramdaman ng iyong mga paso
ang nakakapasong init ng mga tinik, aalisin niya ang mga
iyon sa pamamagitan ng buhawi, ang parehong luntian at
nakakapasong mga tinik. **10** Ang matuwid ay magagalak
kapag nakita niya ang paghihiganti ng Diyos; huhugasan
niya ang kaniyang mga paa sa dugo ng mga masasama,
**11** para ang mga tao ay makapagsabing, “Tunay nga, may
gantimpala para sa taong matuwid; tunay ngang mayroong
Diyos na humahatol sa mundo.”

**59** Sagipin mo ako mula sa aking mga kaaway, aking Diyos;
itaas mo ako na malayo mula sa mga kumakalaban sa
akin. **2** Panatilihin mo akong ligtas mula sa mga gumagawa
ng malaking kasalanan, at iligtas mo ako mula sa mga
taong uhaw sa dugo. **3** Dahil, tingnan mo, nag-aabang (sila)
para kunin ang buhay ko. Ang mga makapangyarihang
gumagawa ng kasamaan ay nagsasama-sama laban sa
akin, pero hindi dahil sa aking pagsuway o kasalanan,
Yahweh. **4** Naghahanda silang tumakbo tungo sa akin kahit
na wala akong kasalanan; gumising ka at tulungan mo ako
at tingnan. **5** Ikaw, Yahweh ang Diyos ng mga hukbo, ang
Diyos ng Israel, bumangon ka at parusahan mo ang lahat ng
mga bansa; huwag kang maging maawain sa sinumang
gumagawa ng masasama. (Selah) **6** Bumabalik (sila) sa
gabi, umalulong (sila) na parang mga aso at lumilibot sa
lungsod. **7** Tingnan mo, dumidighay (sila) sa kanilang mga
bibig; mga espada ay nasa kanilang mga labi, dahil sinasabi
nila, “Sino ang nakaririnig sa atin?” **8** Pero ikaw, Yahweh,
ay tinatawanan (sila) kinukutya mo ang mga bansa. **9** O
Diyos, aking kalakasan, magbibigay pansin ako sa iyo; ikaw
ang aking matayog na tore. **10** Katatagpuin ako ng Diyos sa
kaniyang katapatan sa tipan; hahayaan ng Diyos na makita
ko ang aking nais sa aking mga kaaway. **11** Huwag mo
silang papatayin, o makakalimutan ito ng aking bayan. Ikalat
mo (sila) gamit ang iyong kapangyarihan at ilaglag (sila)
Panginoon na aming kalasag. **12** Dahil sa mga kasalanan ng
kanilang mga bibig at sa mga salita ng kanilang mga labi,
hayaan mo silang madakip ng kanilang kayabangan, at para
sa mga sumpa at kasinungalingan na ipinapahayag nila. **13**
Tupukin mo (sila) sa poot, tupukin mo (sila) para (sila) ay
mawala na; hayaan mo silang malaman na namumuno ang
Diyos kay Jacob at sa dulo ng mundo. (Selah) **14** Sa gabi
hayaan mo silang bumalik, hayaan mo silang umalulong na
parang mga aso at lumibot sa lungsod. **15** Maglalakbay (sila)
pataas at pababa para sa pagkain at maghihintay buong
gabi kung hindi (sila) masiyahan. **16** Pero aawit ako tungkol
sa iyong kalakasan; dahil ikaw ang naging matayog kong
tore at isang kublihan sa araw ng aking kapighatian. **17**

Sa iyo, aking kalakasan, aawit ako ng mga papuri; dahil
ang aking Diyos ang aking matayog na tore, ang Diyos ng
katapatan sa tipan.

**60** O Diyos, itinakwil mo kami; nilupig mo kami; ikaw ay
nagalit; ibalik mo aming muli sa aming kalagayan.
**2** Pinayayanig mo ang lupain; pinaghiwa-hiwalay mo ito;
pagalingin mo ang pagkakasira nito, dahil ito ay nayayanig.
**3** Ipinakita mo sa iyong bayan ang mga matitinding bagay;
pinainom mo sa amin ang alak na nagpapasuray. **4** Nagbigay
ka ng isang bandera sa mga nagpaparangal sa iyo para
maipakita ito dahil sa katotohanan. (Selah) **5** Para silang
mga minamahal mo ay masagip, sagipin mo kami ng iyong
kanang kamay at sagutin ako. **6** Ang Diyos ay nagsalita
sa kaniyang kabanalan, "Ako ay nagagalak; hahatiin ko
ang Shekem at ipamamahagi ang lambak ng Sucot. **7** Sa
akin ang Galaad, at sa akin ang Manases; sanggalang ko
sa ulo ang Efraim; setro ko ang Juda. **8** Ang Moab ay
aking hilamusan; sa ibabaw ng Edom ihahagis ko ang aking
sapatos; sisigaw ako sa tagumpay dahil sa Filistia. **9** Sino
ang magdadala sa akin sa malakas na lungsod? Sino ang
maghahatid sa akin sa Edom?" **10** Pero ikaw, O Diyos, hindi
mo ba kami itinakwil? Hindi mo sinamahan sa laban ang
aming hukbo. **11** Tulungan mo kami laban sa kaaway, dahil
ang tulong ng tao ay walang silbi. **12** Magtatagumpay kami
sa pamamagitan ng tulong ng Diyos; yuyurakan niya ang
aming mga kaaway.

**61** O Diyos pakinggan mo ako; pansinin mo ang aking
panalangin. **2** Tumatawag ako mula sa dulo ng daigdig
kapag nagapi ang aking puso; dalhin mo ako sa bato na
mataas kaysa sa akin. **3** Dahil naging kanlungan ka sa akin,
isang matatag na muog mula sa kaaway. **4** Magpakailanman
akong mananahan sa iyong tolda; magtatago ako sa ilalim ng
iyong mga pakpak. (Selah) **5** Dahil narinig mo, O Diyos, ang
aking mga panata; binigyan mo ako ng mana para sa mga
nagpaparangal sa iyong pangalan. **6** Pahahabain mo ang
buhay ng hari; ang kaniyang mga taon ay magiging katulad
ng maraming salinlahi. **7** Mananatili siyang nasa harapan ng
Diyos magpakailanman; **8** Magpupuri ako sa iyong pangalan
magpakailanman para araw-araw kong magawa ang aking
mga panata.

**62** Sa Diyos lamang ako naghihintay nang tahimik;
magmumula sa kaniya ang aking kaligtasan. **2** Siya
lamang ang aking muog at aking kaligtasan; siya ang aking
mataas na tore; ako ay hindi matitinag. **3** Hanggang kailan
kayong lahat sasalakay sa isang tao, para pabagsakin
siya tulad ng isang pader o isang maugang bakuran? **4**
Sumasangguni (sila) sa kaniya para ibagsak siya mula sa
kaniyang marangal na posisyon; mahilig silang magsabi ng
mga kasinungalingan; siya ay pinagpapala nila sa kanilang
mga bibig, pero sa kanilang mga puso siya ay kanilang
isinusumpa. (Selah) **5** Naghihintay ako nang tahimik para
lamang sa Diyos; dahil nakatuon ang aking pag-asa sa
kaniya. **6** Siya lamang ang aking muog at kaligtasan; siya ang
aking mataas na tore; ako ay hindi matitinag. **7** Sa Diyos ang
aking kaligtasan at kaluwalhatian; nasa Diyos ang saligan ng
aking kalakasan at kanlungan. **8** Magtiwala kayo sa kaniya
sa lahat ng oras, kayong mga tao; ibuhos ninyo ang inyong
puso sa kaniyang harapan; kanlungan natin ang Diyos.
(Selah) **9** Tunay na walang kabuluhan ang mga lalaking
mahina ang katayuan, at kasinungalingan ang mga lalaking
mataas ang katayuan; magaan silang tinimbang sa sukatan;
pareho silang tinimbang, (sila) ay magaan kaysa sa wala. **10**
Huwag kang magtitiwala sa pang-aapi o pagnanakaw; at
huwag umasa sa walang kabuluhan na mga kayamanan,
dahil wala itong maibubunga; huwag mong itutuon ang iyong
puso sa mga ito. **11** Minsang nagsalita ang Diyos, dalawang
beses kong narinig ang mga ito: sa Diyos nauukol ang
kapangyarihan. **12** Gayundin sa inyo, Panginoon, nauukol
ang katapatan sa tipan, dahil binabayaran mo ang bawat tao
kung ano ang kaniyang ginawa.

**63** O Diyos, ikaw ang aking Diyos! Masigasig kitang
hinahanap, nauuhaw ang aking kaluluwa sa iyo, at
nananabik ang aking laman sa iyo, sa tuyot at tigang na lupa
na walang tubig. **2** Kaya tumingin ako sa iyo sa mga banal
na mga tao para makita ko ang iyong kapangyarihan at
kaluwalhatian. **3** Dahil higit pa sa buhay ang iyong katapatan
sa tipan, magpupuri ang aking mga labi sa iyo. **4** Kaya
pagpapalain kita habang ako ay nabubuhay; itataas ko ang
aking mga kamay sa iyong pangalan. **5** Parang tulad ito ng
pagkain ng utak sa buto at mga taba; sa aking mga labing
nagagalak pupurihin ka ng aking bibig. **6** Kapag naiisip ko
ang tungkol sa iyo sa aking higaan at pinagninilay-nilayan
kita sa mga oras ng gabi. **7** Dahil ikaw ang aking tulong, at
magagalak ako sa anino ng iyong mga pakpak. **8** Kumakapit
ako sa iyo; inaalalayan mo ako ng iyong kanang kamay. **9**
Pero mapupunta sa kailaliman ng bahagi ng mundo (sila)
na naghahanap para wasakin ang buhay ko. **10** Ibibigay
(sila) sa ilalim ng kapangyarihan ng espada, at magiging
pagkain (sila) para sa mga asong ligaw. **11** Pero magagalak
ang hari sa Diyos; ang lahat ng nanunumpa sa kaniya ay
ipagmamalaki siya, pero ang bibig ng mga nagsasalita ng
kasinungalingan ay mahihinto.

**64** Dinggin mo ang aking tinig, O Diyos, pakinggan mo ang
aking daing; ingatan mo ang aking buhay mula sa takot
mula sa aking mga kaaway. **2** Itago mo ako mula sa lihim na
pakana ng mga mapaggawa ng masama, mula sa kaguluhan

ng mga gumagawa ng masama. **3** Hinasa nila ang kanilang mga dila gaya ng mga espada; itinutok nila ang kanilang mga palaso, mapapait na mga salita, **4** para panain nila mula sa lihim na mga lugar ang mga taong walang kasalanan; agad nilang papanain siya at walang kinatatakutan. **5** Pinalalakas nila ang kanilang loob sa masamang plano; palihim silang nagpulong para maglagay ng mga patibong; sinasabi nila, “Sino ang makakikita sa atin?” **6** Lumikha (sila) ng mga planong makasalanan; “Natapos namin,” sinasabi nila, “ang isang maingat na plano.” Malalim ang saloobin at puso ng tao. **7** Pero papanain (sila) ng Diyos; kaagad silang masusugatan ng kaniyang mga palaso. **8** Madarapa (sila) dahil laban sa kanila ang kanilang mga dila; iiling sa kanilang mga ulo ang lahat ng makakakita sa kanila. **9** Matatakot ang lahat ng mga tao at ihahayag ang mga gawa ng Diyos. Pag-iisipan nilang mabuti ang tungkol sa kaniyang mga ginawa. **10** Magagalak kay Yahweh ang matuwid at kukubli (sila) sa kaniya; magmamalaki ang lahat ng matapat sa puso.

**65** Dahil sa iyo, Diyos sa Sion, matutupad ang aming mga panata sa iyo; dadalhin namin ang aming mga panata sa iyo. **2** Ikaw na dumidinig ng panalangin, sa iyo pupunta ang lahat ng laman. **3** Nananaig ang kasamaan sa amin; para sa aming mga kasalanan, patatawarin mo (sila) **4** Mapalad ang taong pinipili mo para mapalapit sa iyo para manahan siya sa iyong bakuran. Masisiyahan kami sa kabutihan ng iyong tahanan, ang iyong banal na templo. **5** Sasagutin mo kami sa iyong katuwiran sa pamamagitan ng paggawa ng mga kamangha-manghang mga bagay, Diyos ng aming kaligtasan; ikaw na siyang pinagtitiwalaan ng lahat sa dulo ng daigdig at sa malalayong ibayo ng dagat. **6** Dahil ikaw ang siyang nagpapatatag ng mga kabundukan, ikaw na binabalot ng kalakasan. **7** Ikaw ang nagpapatahimik sa umaatungal na mga dagat, umaatungal na mga alon, at kaguluhan ng mga tao. **8** (Sila) na nabubuhay sa dulong bahagi ng mundo ay matatakot sa katibayan ng iyong mga gawa; pinapasaya mo ang silangan at kanluran. **9** Pumunta ka para tulungan ang mundo; dinidiligan mo ito; pinagyayaman ng lubos; ang ilog ng Diyos ay puno ng tubig; pinagkalooban mo ng mga butil ang sangkatauhan nang inihanda mo ang daigdig. **10** Tinutubigan mo ang mga bukirin nang masagana; inaayos mo ang mga taniman; ginagawa mong malambot ang mga ito sa mga patak ng ulan; pinagpapala mo ang mga tumutubo sa pagitan nito. **11** Kinokoronahan mo ang taon ng iyong kabutihan; naghuhulog ng pataba sa lupa ang mga bakas ng iyong karwahe. **12** Nahuhulog ang mga ito sa pastulan sa mga ilang, at ang mga kaburulan ay sinuotan ng sinturon ng kagalakan. **13** Ang mga pastulan ay dinamitan ng mga kawan; ang mga lambak ay nababalutan ng butil; sumisigaw (sila) ng kagalakan, at (sila) ay umaawit.

**66** Mag-ingay sa galak para sa Diyos, lahat ng nilalang; **2** Awitin ang kaluwalhatian ng kaniyang pangalan; gawing maluwalhati ang kaniyang kapurihan. **3** Sabihin mo sa Diyos, “Nakakikilabot ang iyong mga gawa! Sa pamamagitan ng kadakilaan ng iyong kapangyarihan, magpapasakop sa iyo ang iyong mga kaaway. **4** Sasamba at aawit sa iyo ang lahat ng nasa lupa; aawit (sila) sa iyong pangalan.” (Selah) **5** Halika at tingnan ang mga gawa ng Diyos; kinatatakutan siya sa kaniyang mga ginagawa sa mga anak ng mga tao. **6** Ginawa niyang tuyong lupa ang dagat; tumawid (sila) sa ilog nang naglalakad; nagalak kami sa kaniya roon. **7** Namumuno siya magpakailanman sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan; pinagmamasdan ng kaniyang mga mata ang mga bansa; huwag hayaang itaas ng mga suwail ang kanilang mga sarili. (Selah) **8** Purihin ang Diyos, kayong mga tao, hayaang marinig ang tinig ng kaniyang kapurihan. **9** Iniingatan niya tayo sa mga nabubuhay, at hindi pinapahintulutang madulas ang ating mga paa. **10** Dahil ikaw, O Diyos, ang sumubok sa amin; sinubok mo kami gaya ng pilak. **11** Dinala mo kami sa isang lambat; nilagyan mo kami ng matinding pabigat sa aming mga balakang. **12** Pinasakay mo ang mga tao sa aming mga ulo; dumaan kami sa apoy at tubig; pero inilabas mo kami sa malawak na lugar. **13** Pupunta ako sa iyong tahanan na may mga sinunog na handog; tutuparin ko ang aking mga panata **14** na ipinangako ng aking labi at sinabi ng aking bibig nang ako ay nasa kahirapan. **15** Magsusunog ako ng taba ng mga hayop bilang handog na may mabangong samyo ng mga tupa; mag-aalay ako ng mga toro at kambing. (Selah) **16** Halika at makinig, lahat kayo na may takot sa Diyos, at ipahahayag ko kung ano ang ginawa niya para sa aking kaluluwa. **17** Nananawagan ako sa kaniya gamit ang aking bibig, at pinuri siya ng aking dila. **18** Kung alam kong may kasalanan sa aking puso, hindi makikinig ang Diyos sa akin. **19** Pero tunay ngang nakinig ang Diyos; binigyan niya ng pansin ang tinig ng aking panalangin. **20** Purihin ang Diyos, na hindi itinakwil ang aking panalangin o kaniyang katapatan sa tipan mula sa akin.

**67** Maging maawain nawa ang Diyos sa atin at pagpalain tayo at pahintulutan na magningning ang kaniyang mukha sa atin **2** nang sa gayon ang iyong mga pamamaraan ay maihayag sa lupa, ang iyong kaligtasan sa lahat ng mga bansa. **3** Hayaan mong purihin ka ng mga tao, O Diyos; hayaan mong purihin ka ng lahat. **4** O, hayaan mong matuwa at umawit sa galak ang mga bansa para sa iyo, dahil hahatulan mo ang mga tao nang may katarungan at

pamumunuan mo ang mga bansa sa lupa. (Selah) 5 Hayaan
mong purihin ka ng mga tao, O Diyos; hayaang mong purihin
ka ng lahat. 6 Pinalago ng lupa ang ani nito at ang Diyos,
ang ating Diyos, ang nagpala sa atin. 7 Pinagpala tayo ng
Diyos, at pinararangalan siya sa lahat ng sulok ng mundo.

**68** Hayaang tumayo ang Diyos; hayaang kumalat ang
kaniyang mga kaaway; hayaan ding magtakbuhan
palayo ang mga napopoot sa kaniya. 2 Kung paano itinaboy
ang usok, gayundin ang pagtaboy mo sa kanila; kung paano
natutunaw ang kandila sa harap ng apoy, hayaang maglaho
ang mga masama sa presensiya ng Diyos. 3 Pero hayaang
matuwa ang mga matutuwid; hayaan silang magpakasaya
sa harap ng Diyos; nawa ay magalak (sila) at maging
masaya. 4 Umawit sa Diyos, umawit ng mga papuri sa
kaniyang pangalan; gumawa ng daan sa kapatagan para sa
naglalakbay sa gitna ng lambak sa Ilog Jordan; Yahweh ang
kaniyang pangalan; magalak kayo sa harap niya. 5 Ang ama
ng mga walang ama, ang hukom ng mga balo, ay Diyos sa
banal na lugar kung saan siya nananahan. 6 Inilalagay ng
Diyos ang mga nalulungkot na magkaroon ng mga pamilya;
pinalalaya niya ang mga bilanggo na nag-aawitan; pero
maninirahan sa tigang na lupa ang mga suwail. 7 O Diyos,
nang lumabas ka sa harap ng iyong bayan, nang lumakad
ka sa ilang, 8 nanginig ang lupa; nagbuhos din ng ulan ang
kalangitan sa presensiya ng Diyos, sa presensiya ng Diyos
nang pumunta siya sa Sinai, sa presensiya ng Diyos, ang
Diyos ng Israel. 9 Ikaw, O Diyos, ay nagpadala ng saganang
ulan; pinalakas mo ang iyong pamana noong nanghina
ito. 10 Dito nanirahan ang iyong bayan; Ikaw, O Diyos, ay
nagbigay sa mga mahihirap mula sa iyong kabutihan. 11
Nag-utos ang Panginoon, at isang malaking hukbo ang
nagpamalita sa mga ito. 12 Nagsitakas ang mga hari ng
mga hukbo, tumakbo (sila) kaya pinaghati-hatian ng mga
kababaihan na naghihintay sa tahanan ang mga nasamsam:
13 mga kalapati na balot ng pilak na may mga pakpak na
ginto. Nang nagpaiwan kayo sa mga kuwadra, bakit ninyo
nagawa ito? 14 Itinaboy ng Maykapal ang mga hari roon;
kagaya nang pag-ulan ng niyebe sa Bundok ng Salmon!
15 Ang bulubunduking bayan ng Bashan ay isang matatag
na bundok; isang matayog na bundok ang bulubunduking
bayan ng Bashan. 16 Bakit mo pa kinaiinggitan, ikaw na
mataas na bulubunduking bayan ang lugar na nais ng Diyos
na panahanan? Tunay nga na maninirahan si Yahweh doon
magpakailanman. 17 Dalawampung-libo ang karwahe ng
Diyos, libo-libo; kasama nila ang Panginoon sa banal na
lugar, gaya ng sa Sinai. 18 Naitanghal ka; pinalaya mo
ang mga bihag; at tumanggap ka ng mga kaloob mula sa
mga tao, maging sa mga lumaban sa iyo, nang sa gayon
ikaw, Panginoong Diyos, ay manahan doon. 19 Purihin ang
Panginoon, siya na bumubuhat ng ating mga pasanin araw-
araw, ang Diyos ng ating kaligtasan. (Selah) 20 Ang ating
Diyos ay ang Diyos na nagliligtas; Si Yahweh ang Panginoon
ang siyang may kakayahang magligtas sa atin mula sa
kamatayan. 21 Pero papaluin ng Diyos ang mga ulo ng
kaniyang mga kaaway, sa anit ng mga nagkasala laban
sa kaniya. 22 Sinabi ng Panginoon, “Ibabalik ko ang aking
mga kaaway mula sa Bashan; ibabalik ko (sila) mula sa
kailaliman ng dagat 23 para madurog mo ang iyong mga
kaaway, na parang sinasawsaw ang iyong paa sa dugo,
at para magkaroon ng bahagi ang mga dila ng iyong mga
aso mula sa iyong mga kaaway. 24 Nakita nila ang iyong
mga prusisyon, O Diyos, ang mga prusisyon ng aking Diyos,
aking Hari, tungo sa banal na lugar. 25 Naunang lumakad
ang mga mang-aawit, sumunod ang mga manunugtog, at
sa gitna ang mga dalagang tumutugtog ng mga tamburin.
26 Purihin ang Diyos sa kapulungan; purihin si Yahweh,
kayong totoong kaapu-apuhan ng Israel. 27 Nauna roon ang
Benjamin, ang pinakamaliit na tribo, pagkatapos ang mga
pinuno ng Juda at kanilang kapulungan, ang mga pinuno ng
Zebulun at ang mga pinuno ng Naptali. 28 Ang iyong Diyos,
Israel, ang nagsaad ng iyong kalakasan; ipakita mo sa
amin ang iyong kapangyarihan, O Diyos, gaya ng ipinakita
mo noon. 29 Ipakita mo ang iyong kapangyarihan mula sa
iyong templo sa Jerusalem kung saan nagdadala ng mga
kaloob ang mga hari sa iyo. 30 Sumigaw sa paglaban sa
mga mababangis na hayop sa mga kasukalan, laban sa
mga tao, na gaya ng mga toro at guya. Ipahiya mo (sila) at
padalahin mo (sila) ng mga kaloob sa iyo; ikalat mo ang
mga tao na gustong-gusto ang digmaan. 31 Magsisilabas
ang mga prinsipe sa Ehipto; magmamadali ang Etiopia na
i-abot ang kaniyang mga kamay sa Diyos. 32 Umawit sa
Diyos, kayong mga kaharian sa mundo; Umawit ng mga
papuri kay Yahweh. 33 Sa kaniya na nakasakay sa langit
ng mga kalangitan, na namuhay mula pa noong unang
panahon; tingnan ninyo, itinataas niya ang kaniyang tinig ng
may kapangyarihan. 34 I-ukol ang kalakasan sa Diyos; ang
kaniyang kadakilaan ay nasa Israel; ang kaniyang kalakasan
ay nasa kalangitan. 35 O Diyos, ikaw ay kinatatakutan sa
iyong banal na lugar; ang Diyos ng Israel—nagbibigay siya
ng kalakasan at kapangyarihan sa kaniyang bayan. Purihin
ang Diyos.

**69** Iligtas mo ako, O Diyos, dahil nilagay ng katubigan ang
buhay ko sa panganib. 2 Lumulubog ako sa malalim
na putikan kung saan walang lugar na matatayuan; pumunta
ako sa malalim na katubigan kung saan rumaragasa ang
baha sa akin. 3 Napapagal ako sa aking pag-iyak; nanunuyo
ang aking lalamunan; nanlalabo ang aking mga mata habang
naghihintay ako sa Diyos. 4 Higit pa sa aking mga buhok sa

ulo ang mga napopoot sa akin ng walang dahilan; ang mga
pumapatay sa akin, ang naging mga kaaway ko dahil sa
mga maling dahilan, ay makapangyarihan; ang mga hindi
ko ninakaw ay kailangan kong ibalik. **5** O Diyos, alam mo
ang aking kahangalan, at hindi nalilihim ang mga kasalanan
ko sa iyo. **6** Huwag mong hayaang malagay sa kahihiyan
ang mga naghihintay sa iyo dahil sa akin, Panginoong
Diyos ng mga hukbo; huwag mong hayaang malagay sa
kasiraang-puri ang mga naghahanap sa iyo dahil sa akin, O
Diyos ng Israel. **7** Para sa iyong kapakanan, tinanggap ko
ang panlalait; kahihiyan ang bumalot sa aking mukha. **8**
Naging dayuhan ako sa aking mga kapatid, dayuhan sa mga
anak ng aking ina. **9** Dahil nilamon ako ng kasigasigan sa
iyong tahanan, at ang mga lait ng mga nanlalait sa iyo ay
bumagsak sa akin. **10** Noong umiyak ako at hindi kumain,
hinamak nila ako. **11** Noong ginawa kong kasuotan ang sako,
naging paksa ako ng kawikaan sa kanila. **12** Pinag-uusapan
ako ng mga nakaupo sa tarangkahan ng lungsod; ako ang
awit ng mga manginginom. **13** Pero para sa akin, sa iyo ang
aking panalangin, Yahweh, sa panahon na tatanggap ka;
sagutin mo ako sa pagiging mapagkakatiwalaan ng iyong
kaligtasan. **14** Hilahin mo ako mula sa putikan, at huwag
mo akong hayaang lumubog; hayaan mo akong malayo
mula sa napopoot sa akin at sagipin mo mula sa malalim
na katubigan. **15** Huwag mong hayaang tabunan ako ng
baha, ni hayaang lamunin ako ng kalaliman. Huwag mong
hayaang isara ng hukay ang bibig nito sa akin. **16** Sagutin
mo ako Yahweh, dahil mabuti ang iyong katapatan sa tipan;
dahil labis ang iyong kahabagan sa akin, humarap ka sa
akin. **17** Huwag mong itago ang iyong mukha sa iyong
mga lingkod, dahil ako ay nasa kalungkutan; sagutin mo
ako agad. **18** Lumapit ka sa akin at tubusin ako. Dahil sa
aking mga kaaway, iligtas mo ako. **19** Alam mo ang aking
paghihirap, kahihiyan at kasiraang-puri; nasa harap mo ang
lahat ng aking mga kalaban. **20** Winasak ng pagtutuwid ang
aking puso; punong-puno ako ng kabigatan; naghahanap
ako ng sinumang maaawa sa akin, pero wala ni isa man.
Naghahanap ako ng mga mag-aaliw, pero wala akong nakita.
**21** Binigyan nila ako ng lason para kainin ko; sa aking pagka-
uhaw binigyan nila ako ng suka para inumin. **22** Hayaan
mong maging bitag ang mesa sa harap nila; kapag iniisip
nila na ligtas (sila) hayaan mong maging patibong ito. **23**
Hayaan mong magdilim ang kanilang mga mata para hindi
(sila) makakita; lagi mong yugyugin ang mga baywang nila.
**24** Ibuhos mo ang iyong labis na galit sa kanila, hayaang
mong abutan (sila) ng bagsik ng iyong galit. **25** Hayaan
mong ang kanilang lugar ay maging kapanglawan; hayaang
mong walang sinuman ang manirahan sa kanilang mga
tolda. **26** Dahil inuusig nila ang siyang sinaktan mo; ibinalita
nila sa iba ang hapdi ng mga sinugatan mo. **27** Isakdal
mo (sila) dahil sa paggawa ng sunod-sunod na kasalanan;
huwag mo silang hayaang pumasok sa matuwid mong
katagumpayan. **28** Hayaan mo silang mabura sa aklat ng
buhay at hindi maisulat kasama ng mga matutuwid. **29**
Pero ako ay naghihirap at nagdadalamhati; hayaan mo, O
Diyos, na parangalan ako ng iyong kaligtasan. **30** Pupurihin
ko ang pangalan ng Diyos ng may awit at dadakilain siya
ng may pasasalamat. **31** Higit na kalulugdan ito ng Diyos
kaysa sa isang baka o toro na may mga sungay at paa. **32**
Nakita ito ng mga mapagpakumbaba at natuwa; kayo na
mga naghahanap sa Diyos, hayaan niyong mabuhay ang
inyong mga puso. **33** Dahil naririnig ni Yahweh ang mga
nangangailangan at hindi hinahamak ang mga bilanggo.
**34** Purihin siya ng langit at lupa, ng mga dagat at lahat ng
mga gumagalaw dito. **35** Dahil ililigtas ng Diyos ang Sion at
itatayong muli ang mga lungsod sa Juda; maninirahan ang
mga tao roon at aangkinin ito. **36** Mamanahin ito ng mga
lingkod ng kaniyang mga kaapu-apuhan; maninirahan doon
silang mga nagmamahal sa kaniyang pangalan.

**70** Iligtas mo ako, O Diyos! Yahweh, pumunta ka agad
at tulungan ako. **2** Hayaan mong mapahiya ang mga
nagtatangka sa aking buhay at mapahamak; hayaan mo
silang tumalikod at madala sa kahihiyan, silang nakuhang
magsaya sa aking kalungkutan. **3** Hayaan mo silang
tumalikod dahil sa kanilang kahihiyan, silang mga nagsasabi
ng, “Aha, aha.” **4** Hayaan mong ang mga iyon na naghahanap
sa inyo ay matuwa at magalak sa inyo; hayaan mong ang
mga umiibig sa iyong kaligtasan na sabihin lagi, “Purihin
nawa ang Diyos.” **5** Pero ako ay mahirap at nangangailangan;
magmadali ka sa akin, O Diyos; ikaw ang tutulong at sasagip
sa akin. Yahweh, huwag kang maantala.

**71** Sa iyo, Yahweh, ako ay kumukubli; huwag mo ako
kailanman ilagay sa kahihiyan. **2** Sagipin mo ako at
iligtas sa iyong katuwiran; ibaling mo ang iyong tainga sa
akin at iligtas ako. **3** Maging batong kublihan ka para sa akin
kung saan man ako pumunta; nagbigay ka ng utos para
iligtas ako, dahil ikaw ang aking bato at tanggulan. **4** Sagipin
mo ako, aking Diyos, mula sa kamay ng masasama, mula sa
kamay ng makasalanan at malupit. **5** Dahil ikaw ang aking
pag-asa, Panginoong Yahweh. Nagtiwala ako sa iyo mula
noong ako ay bata pa. **6** Habang ako ay nasa sinapupunan,
inalalayan mo ako; ikaw ang siyang kumuha sa akin palabas
sa tiyan ng aking ina; ang aking papuri ay tungkol palagi sa
iyo. **7** Isa akong halimbawa sa maraming tao; ikaw ang aking
matibay na kublihan. **8** Ang aking bibig ay mapupuno ng
iyong papuri, na may karangalan mo sa buong araw. **9** Sa
panahon ng aking pagtanda huwag mo akong itapon; huwag

mo akong iwanan kapag ang aking lakas ay manghina.
10 Dahil ang aking mga kaaway ay pinag-uusapan ako,
silang mga nagmamasid sa aking buhay ay sama-samang
nagbabalak. 11 Sinasabi nila, “Pinabayaan siya ng Diyos”
habulin at kunin siya, dahil wala ni isa ang magliligtas sa
kaniya.” 12 O Diyos, huwag kang lumayo sa akin; aking
Diyos, magmadali ka sa pagtulong sa akin. 13 Hayaan mo
silang mapunta sa kahihiyan at masira, silang mga laban sa
aking buhay; hayaan mo silang mapuno ng pagsaway at
kasiraan, silang naghahangad na ako ay saktan. 14 Pero lagi
akong aasa sa iyo at pupurihin kita nang higit pa. 15 Buong
araw sasabihin ng aking bibig ang tungkol sa iyong katuwiran
at iyong kaligtasan, bagamat hindi ko ito kayang unawain. 16
Pupunta ako sa kanila kasama ang mga makapangyarihang
gawa ng Panginoong Yahweh; Aking babanggitin ang iyong
katuwiran, ang iyo lamang. 17 O Diyos, tinuruan mo ako
mula pa sa aking pagkabata; kahit ngayon ihinahayag ko
ang iyong mga kahanga-hangang gawa. 18 Tunay nga,
kahit na matanda na ako at maputi na ang buhok, O Diyos,
huwag mo akong pabayaan, dahil ihinahayag ko ang iyong
kalakasan sa susunod na salinlahi, at iyong kapangyarihan
para sa lahat ng darating. 19 Maging ang iyong katuwiran, O
Diyos, ay napakataas; ikaw na gumawa ng mga dakilang
bagay, O Diyos, sino ang katulad mo? 20 Ikaw na nagpakita
sa amin ng mga matitinding suliranin ay bubuhay sa amin
at mag-aangat sa amin mula sa kailaliman ng mundo. 21
Dagdagan mo nawa ang aking karangalan; bumalik kang
muli at aliwin ako. 22 Magpapasalamat din ako sa iyo gamit
ang alpa para sa iyong pagiging mapagkakatiwalaan, aking
Diyos; aawit ako sa iyo ng mga papuri gamit ang alpa, nag-
iisang Banal na Diyos ng Israel. 23 Sisigaw sa galak ang
aking mga labi habang inaawit ko ang mga papuri sa iyo,
maging ako na iyong tinubos. 24 Sasabihin rin ng aking dila
ang tungkol sa iyong katuwiran buong araw; dahil inilagay
(sila) sa kahihiyan at nilito, (sila) na hinahangad ang aking
kapahamakan.

**72** Ibigay mo sa hari ang iyong mga matuwid na mga
tuntunin, O Diyos, ang iyong katuwiran sa anak na
lalaki ng hari. 2 Hatulan niya nawa ang mga tao nang may
katuwiran at ang mahihirap na may katarungan. 3 Magbunga
nawa ang mga kabundukan ng kapayapaan sa bayan;
magbunga nawa ng katuwiran ang mga burol. 4 Hatulan
niya nawa ang mahihirap sa bayan; iligtas niya nawa ang
mga anak ng nangangailangan at pira-pirasuhin ang mga
mapang-api. 5 Parangalan nila nawa ikaw habang nananatili
ang araw, at hangga’t ang buwan ay nananatili sa lahat
ng salinlahi. 6 Bumaba siya nawa tulad ng ulan sa tuyong
damo, tulad ng ambon na dinidiligan ang mundo. 7 Umunlad
nawa ang matuwid sa kaniyang mga araw at magkaroon
nawa ng kasaganahan ng kapayapaan hanggang sa mawala
ang buwan. 8 Magkaroon nawa siya ng kapangyarihan mula
mga dagat, at mula sa Ilog hanggang sa dulo ng mundo. 9
Yumuko nawa sa harapan niya silang mga naninirahan sa
ilang; dilaan nawa ng kaniyang mga kaaway ang alikabok.
10 Magbigay nawa ng handog ang mga mga hari ng Tarsis
at ng mga isla; mag-alay nawa ng mga handog ang mga
hari ng Sheba at Seba. 11 Tunay nga, magsiyuko nawa sa
harapan niya ang lahat ng mga hari; maglingkod nawa sa
kaniya ang lahat ng mga bansa. 12 Dahil tinutulungan niya
ang mga nangangailangan na tumatawag at mahihirap na
walang ibang katulong. 13 May awa siya sa mga mahihirap
at nangangailangan, at nililigtas niya ang buhay ng mga
nangangailangan. 14 Tinutubos niya ang mga buhay nila
mula sa pang-aapi at karahasan, at ang kanilang mga
dugo ay mahalaga sa kaniyang paningin. 15 Mabuhay
ang hari! Ipagkaloob nawa sa kaniya ang mga ginto ng
Sheba. Manalangin nawa ang mga tao sa kaniya; pagpalain
siya nawa ng Diyos buong araw. 16 Magkaroon nawa ng
kasaganahan ng binhi sa tuktok ng mga kabundukan ng
mundo; kumampay nawa sa hangin ang kanilang mga ani
tulad ng mga puno sa Lebanon, at ang mga tao sa mga
lungsod ay dumami gaya ng mga damo sa lupa. 17 Manatili
nawa ang pangalan ng hari magpakailanman; nawa tumagal
ang pangalan niya gaya ng araw; pagpalain nawa ang mga
tao sa kaniya; nawa ang lahat ng bansa ay tawagin siyang
pinagpala. 18 Pagpalain nawa si Yahweh, ang Diyos ng
Israel, siya lamang na gumagawa ng mga kahanga-hangang
mga bagay. 19 Pagpalain nawa ang kaniyang maluwalhating
pangalan magpakailanaman, at mapuno nawa ang mundo
ng kaniyang kaluwalhatian. Amen at Amen. 20 Ang mga
panalangin ni David, na anak ni Jesse, ay tapos na. Ikatlong
Libro

**73** Sadyang mabuti ang Diyos sa Israel sa mga may
dalisay na puso. 2 Pero para sa akin, halos dumulas
ang aking mga paa; halos dumulas ang aking mga paa sa
aking paghakbang 3 dahil nainggit ako sa arogante nang
makita ko ang kasaganaan ng masasama. 4 Dahil wala
silang sakit hanggang sa kanilang kamatayan, kundi (sila)
ay malakas at nakakakain nang mabuti. 5 Malaya (sila)
mula sa mga pasanin tulad ng ibang mga tao; hindi (sila)
nahihirapan katulad ng ibang mga tao. 6 Ang pagmamalaki ay
nagpapaganda sa kanila na tulad ng kwintas na nakapalibot
sa kanilang leeg; dinadamitan (sila) ng karahasan tulad ng
balabal. 7 Mula sa ganoong pagkabulag nagmumula ang
kasalanan; ang masamang mga kaisipan ay tumatagos sa
kanilang mga puso. 8 Nangungutya silang nagsasabi ng
mga masasamang bagay; nagmamalaki silang nagbabanta
ng karahasan. 9 Nagsasalita (sila) laban sa kalangitan, at

ang kanilang mga dila ay gumagala sa daigdig. 10 Kaya,
ang bayan ng Diyos ay nakikinig sa kanila at ninanamnam
ang kanilang mga salita. 11 Sinasabi nila, "Paano nalalaman
ng Diyos? Alam ba ng Diyos kung ano ang nangyayari?" 12
Pansinin ninyo: ang mga taong ito ay masama; wala silang
inaalala, lalo pa silang nagiging mayaman. 13 Sadyang
walang kabuluhan na bantayan ko ang aking puso at hugasan
ang aking mga kamay sa kawalang-kasalanan. 14 Dahil
buong araw akong pinahirapan at dinisiplina bawat umaga.
15 Kung aking sinabi, "Sasabihin ko ang mga bagay na ito,"
parang pinagtaksilan ko ang salinlahi ng inyong mga anak.
16 Kahit na sinubukan kong unawain ang mga bagay na
ito, napakahirap nito para sa akin. 17 Pagkatapos pumasok
ako sa santuwaryo ng Diyos at naunawaan ang kanilang
kapalaran. 18 Sadyang inilalagay mo (sila) sa madudulas na
mga lugar; dinadala mo (sila) sa pagkawasak. 19 Paano (sila)
naging disyerto sa isang iglap! Sumapit (sila) sa kanilang
wakas at natapos sa kahindik-hindik na takot. 20 Katulad
(sila) ng panaginip matapos magising; Panginoon, kapag
ikaw ay tumindig, wala kang iisiping ganoong mga panaginip.
21 Dahil nagdalamhati ang aking puso, at ako ay labis na
nasugatan. 22 Ako ay mangmang at kulang sa pananaw;
ako ay katulad ng walang alam na hayop sa harapan mo.
23 Gayumpaman, ako ay palaging kasama mo; hawak mo
ang aking kanang kamay. 24 Gagabayan mo ako ng iyong
payo at pagkatapos tanggapin mo ako sa kaluwalhatian.
25 Sino ang hahanapin ko sa langit bukod sa iyo? Walang
sinuman na nasa daigdig ang aking ninanais kundi ikaw. 26
Humina man ang aking katawan at ang aking puso, pero
ang Diyos ang lakas ng aking puso magpakailanman. 27
Ang mga malayo sa iyo ay mamamatay; wawasakin mo
ang lahat ng mga taksil sa iyo. 28 Pero para sa akin, ang
kailangan ko lang gawin ay lumapit sa Diyos. Ginawa kong
kublihan si Yahweh na aking Panginoon. Ipahahayag ko ang
lahat ng iyong mga gawa.

**74** O Diyos, bakit mo kami laging tinatanggihan? Bakit
ang iyong galit ay nag-aalab laban sa mga tupa ng
iyong pastulan? 2 Alalahanin mo ang iyong bayan, na iyong
tinubos noong sinaunang panahon, na iyong binili para
maging sarili mong pamana, at sa Bundok ng Sion, kung
saan ka nananahan. 3 Halika, tingnan mo ang mga lubos na
pagkawasak, lahat ng pininsala na ginawa ng kaaway sa
banal na lugar. 4 Ang iyong mga kalaban ay umatungal sa
gitna ng iyong itinakdang lugar; inilagay nila ang kanilang
mga bandila. 5 Sinibak nila gamit ang mga palakol gaya
ng sa makapal na gubat. 6 Dinurog at sinira nila ang lahat
ng mga inukit; sinira nila iyon gamit ang mga palakol at
maso. 7 Sinunog nila ang iyong santuwaryo; nilapastangan
nila kung saan ka naninirahan, at giniba ito. 8 Sinabi nila
sa kanilang mga puso, "Wawasakin namin silang lahat.
"Sinunog nila ang lahat ng iyong mga tagpuang lugar sa
lupain. 9 Hindi na kami nakakikita ng anumang mga himala
mula sa Diyos; wala ng propeta, at walang sinuman sa
atin ang nakakaalam kung gaano ito tatagal. 10 O Diyos,
gaano katagal ka lalaitin ng mga kaaway? Lalapastanganin
ba ng kaaway ang iyong pangalan habang panahon? 11
Bakit mo pinipigilan ang iyong kamay, ang iyong kanang
kamay? Gamitin mo ang iyong kanang kamay mula sa iyong
kasuotan at wasakin (sila) 12 Gayumpaman, ang Diyos ang
aking naging hari mula pa noong sinaunang panahon, na
nagdadala ng kaligtasan sa daigdig. 13 Hinati mo ang dagat
sa pamamagitan ng iyong lakas; dinurog mo ang mga ulo ng
halimaw na nasa dagat. 14 Dinurog mo ang mga ulo ng
leviatan; pinakain mo siya sa mga naninirahan sa ilang. 15
Binuksan mo ang mga bukal at batis; tinuyo mo ang mga
dumadaloy na ilog. 16 Ang araw ay sa iyo, at ang gabi ay sa
iyo rin; nilagay mo ang araw at buwan. 17 Inilagay mo ang
lahat ng mga hangganan sa daigdig; ginawa mo ang tag-
araw at taglamig. 18 Alalahanin mo, Yahweh, kung paano ka
binato ng kaaway ng mga panlalait, at nilapastangan ng
mga hangal ang iyong pangalan. 19 Huwag mong ibigay
ang buhay ng iyong kalapati sa isang mabangis na hayop.
Huwag mong tuluyang kalimutan ang buhay ng iyong inaping
bayan magpakailanman. 20 Alalahanin mo ang iyong tipan,
dahil ang madidilim na mga rehiyon sa daigdig ay puno ng
mga lugar ng karahasan. 21 Huwag mong hayaang maibalik
ang mga inapi sa kahihiyan; nawa purihin ng mahirap
at inaapi ang iyong pangalan. 22 Tumindig ka, O Diyos;
ipagtanggol mo ang iyong sariling karangalan; alalahanin mo
kung paano ka nilait ng mga hangal buong araw. 23 Huwag
mong kalimutan ang tinig ng iyong mga kalaban o sigaw ng
mga patuloy na sumasalungat sa iyo.

**75** O Diyos, kami ay magbibigay ng pasasalamat sa iyo;
nagpapasalamat kami sa iyo dahil ipinakita mo ang
iyong presensya; sinasabi ng mga tao ang iyong kahanga-
hangang mga gawa. 2 Sa takdang panahon, hahatol ako ng
patas. 3 Kahit na ang mundo at lahat ng mga naninirahan
ay nanginginig sa takot, papanatagin ko ang mga haligi
ng daigdig. (Selah) 4 Sinabi ko sa mga arogante, "Huwag
kayong maging mayabang," at sa masasama, "Huwag
kayong magtiwala sa tagumpay. 5 Huwag magpakasiguro na
magtatagumpay kayo; huwag kayong taas-noong magsalita.
6 Hindi dumarating ang tagumpay mula sa silangan, mula sa
kanluran, o mula sa ilang. 7 Pero ang Diyos ang hukom;
binababa niya ang isa at itinataas ang iba. 8 Dahil hawak ni
Yahweh ang kopa na may bumubulang alak sa kaniyang
kamay, na may halong mga pampalasa, at ibinubuhos ito.
Tunay nga, ang lahat ng masasama sa daigdig ay iinumin ito

hanggang sa huling patak. 9 Pero patuloy kong sasabihin
kung ano ang iyong nagawa; aawit ako ng papuri sa Diyos ni
Jacob. 10 Sinasabi niya, "Aking puputulin ang lahat ng mga
sungay ng masasama, pero ang mga sungay ng matutuwid
ay itataas."

**76** Ipinakilala ng Diyos ang kaniyang sarili sa Juda; ang
kaniyang pangalan ay dakila sa Israel. 2 Ang kaniyang
tolda ay nasa Salem; ang kaniyang pinananahanan ay nasa
Sion. 3 Doon, sinira ang mga palaso ng pana, ang kalasag,
ang espada, at ang ibang mga sandata sa labanan. (Selah)
4 Kumikinang ka at ipinakita mo ang inyong kaluwalhatian,
habang bumababa ka mula sa mga bundok, kung saan
pinatay mo ang iyong mga biktima. 5 Ang mga matatapang
ay nanakawan; nakatulog (sila) Lahat ng mga mandirigma
ay walang nagawa. 6 Sa iyong pagsaway, Diyos ni Jacob,
parehong nakatulog ang kabayo at ang sakay nito. 7 Totoong
ikaw nga ay dapat katakutan; sino ang makakatagal sa iyong
paningin kapag ikaw ay nagalit? 8 Ang iyong paghatol ay
nagmula sa langit; ang mundo ay takot at tahimik. 9 Ikaw, O
Diyos, ay tumindig para isagawa ang paghatol at para iligtas
ang lahat ng naapi sa mundo. (Selah) 10 Tunay nga, na ang
iyong galit na paghatol sa mga taong iyon ay magdadala
sa iyo ng papuri. Ganap mong ipinakita ang iyong galit.
11 Gumawa kayo ng mga pangako kay Yahweh na iyong
Diyos at tuparin ang mga ito. Nawa lahat ng nakapaligid sa
kaniya ay magdala ng kaloob, na siyang dapat katakutan. 12
Ibinababa niya ang lakas ng loob ng mga prinsipe; siya ay
kinatatakutan ng mga hari sa mundo.

**77** Tatawag ako sa Diyos gamit ang aking tinig; tatawag
ako sa Diyos gamit ang aking tinig, at diringgin ako
ng aking Diyos. 2 Sa mga araw ng aking mga kaguluhan,
hinanap ko ang Panginoon; sa gabi, inunat ko ang aking mga
kamay, at hindi nito nagawang mapagod. Tumanggi akong
mapanatag. 3 Inisip ko ang Diyos habang naghihinagpis ako;
inisip ko siya habang nanghihina ako. (Selah) 4 Binuksan mo
ang aking mga mata; labis akong nabahala para magsalita.
5 Iniisip ko ang nakaraan, tungkol sa mga panahong matagal
nang nakalipas. 6 Sa kahabaan ng gabi inaalala ko ang
awit na minsan kong inawit. Nag-isip akong mabuti at
sinubukang unawain ang nangyari. 7 Tatanggihan ba ako ng
Panginoon habang buhay? Hindi na ba niya muli ipakikita
ang kaniyang tulong? 8 Ang kaniya bang katapatan sa
tipan ay wala na habang buhay? 9 Habangbuhay na bang
bigo ang kaniyang pangako? Nakalimutan na ba ng Diyos
na maging mapagbigay-loob? Napigil na ba ng galit ang
kaniyang habag? (Selah) 10 Sabi ko, "Ito ang aking hinagpis:
ang pagbabago ng kanang kamay ng Makapangyarihang
Diyos sa atin." 11 Pero, aalalahanin ko ang mga ginawa
mo Yahweh; Iisipin ko ang mga kahanga-hangang mga
ginawa mo noon. 12 Pagninilay-nilayan ko ang lahat ng mga
ginawa mo at pagmumuni-munihin ko ang mga iyon. 13 Ang
paraan ninyo O Diyos ay banal; anong diyos-diyosan ang
maihahambing sa aming dakilang Diyos? 14 Ikaw ang Diyos
na gumagawa ng mga kababalaghan; ipinakita mo ang iyong
lakas sa mga tao. 15 Binigyan mo ng tagumpay ang iyong
bayan sa pamamagitan ng iyong dakilang kapangyarihan
- ang mga kaapu-apuhan ni Jacob at Jose. (Selah) 16
Nakita ka ng katubigan O Diyos; nakita ka ng katubigan,
at natakot (sila) ang kailaliman ng tubig ay nanginig. 17
Nagbuhos ng tubig ang mga ulap; ang kalangitan ay kumulog;
kumikislap ang iyong mga palaso sa buong paligid. 18 Ang
madagundong mong boses ay narinig sa hangin; inilawan ng
kidlat ang mundo; nanginig at nayanig ito. 19 Papunta sa
dagat ang iyong landas at ang iyong daan ay patungo sa
umaalong tubig, pero ang mga bakas ng iyong mga paa ay
hindi nakita. 20 Inakay mo ang iyong bayan tulad ng isang
kawan sa pamamagitan ng mga kamay ni Moises at Aaron.

**78** Dinggin ninyo ang aking mga tinuturo, aking bayan,
makinig kayo sa mga salita ng aking bibig. 2 Bubuksan
ko ang aking bibig sa mga talinhaga; aawit ako tungkol sa
mga bagay na lihim tungkol sa nakaraan. 3 Ito ang mga
bagay na narinig at natutunan natin, mga bagay na sinabi
sa atin ng ating mga ninuno. 4 Hindi natin ito itatago sa
kanilang mga kaapu-apuhan. Sasabihin natin sa susunod
na salinlahi ang tungkol sa kapuri-puring mga bagay na
ginawa ni Yahweh, ang kaniyang kalakasan, at ang mga
kababalaghan na kaniyang ginawa. 5 Dahil tinatag niya ang
mga utos sa tipan kay Jacob at nagtalaga ng batas sa Israel.
Inutusan niya ang ating mga ninuno na ituro ito sa kanilang
mga anak. 6 Inutos niya ito para malaman ng darating na
salinlahi ang kaniyang mga tuntunin, ang mga bata na hindi
pa ipinapanganak ay dapat din nilang sabihin ito sa kanilang
mga magiging anak. 7 Pagkatapos, ilalagak nila ang kanilang
pag-asa sa Diyos at hindi kalilimutan ang mga ginawa niya
pero susundin ang kaniyang mga kautusan. 8 Pagkatapos,
hindi (sila) magiging katulad ng kanilang mga ninuno, na
matigas ang ulo at rebeldeng salinlahi, salinlahi na hindi
tama ang mga puso, at hindi mapagkakatiwalaan at hindi
tapat sa Diyos. 9 Ang mga taga-Efraim ay armado ng mga
pana, pero umatras (sila) sa araw ng labanan. 10 Hindi nila
iningatan ang tipan sa Diyos, at tumanggi silang sumunod
sa kaniyang batas. 11 Nakalimutan nila ang kaniyang mga
ginawa, ang mga kamangha-manghang bagay na ipinakita
niya sa kanila. 12 Gumawa siya ng kahanga-hangang mga
bagay sa harap ng kanilang mga ninuno sa lupain ng Ehipto,
sa lupain ng Soan. 13 Hinati niya ang dagat at dinala (sila)
sa kabila nito; pinatayo niya ang mga tubig na gaya ng mga

pader. 14 Sa umaga, pinangunahan niya (sila) ng ulap at
sa buong gabi sa liwanag ng apoy. 15 Biniyak niya ang
mga bato sa ilang, at binigyan (sila) ng maraming tubig,
sapat para punuin ang kailaliman ng dagat. 16 Nagpaagos
siya ng tubig mula sa bato at pinadaloy ang tubig gaya ng
mga ilog. 17 Pero pinagpatuloy pa rin nilang magkasala
sa inyo, nagrerebelde laban sa Kataas-taasang Diyos sa
ilang. 18 Hinamon nila ang Diyos sa kanilang mga puso
sa pamamagitan ng paghingi ng pagkain para pawiin ang
kanilang gutom. 19 Nagsalita (sila) laban sa Diyos: Sabi nila,
"Kaya ba talaga ng Diyos na maglatag ng lamesa para sa
atin sa ilang? 20 Tingnan ninyo, nang hinampas niya ang
bato, bumulwak ang tubig at nag-umapaw ang pagdaloy nito.
Pero kaya din ba niya na magbigay ng tinapay? Magbibigay
ba siya ng karne para sa kaniyang bayan? 21 Nang narinig
ito ni Yahweh, nagalit siya; kaya nag-alab ang kaniyang
apoy laban kay Jacob, nilusob ng galit niya ang Israel, 22
dahil hindi (sila) naniwala sa Diyos at hindi (sila) nagtiwala
sa kaniyang kaligtasan. 23 Gayumpaman, inutusan niya ang
mga kalangitan at binuksan ang pinto nito. 24 Nagpaulan
siya ng manna para sa kainin nila, at binigyan (sila) ng butil
mula sa langit. 25 Kinain ng mga tao ang tinapay ng mga
anghel. Nagpadala siya sa kanila ng masaganang pagkain.
26 Pinaihip niya ang silangang hangin sa kalangitan, at sa
pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan, ginabayan niya
ang katimugang hangin. 27 Nagpaulan siya ng karne para
sa kanila gaya ng alikabok, mga ibon na singdami ng mga
buhangin sa dagat. 28 Nahulog ito sa gitna ng kanilang
kampo, sa buong paligid ng kanilang mga tolda. 29 Kaya
kumain (sila) at nabusog. Binigay niya ang gusto nila. 30
Pero hindi pa rin (sila) nabusog; ang kanilang pagkain ay
nasa mga bibig pa rin nila. 31 Pagkatapos, nilusob (sila) ng
galit ng Diyos at pinatay ang pinakamalalakas sa kanila.
Tinumba niya ang mga batang lalaki ng Israel. 32 Sa kabila
nito, patuloy pa rin silang nagkasala at hindi (sila) naniwala
sa kaniyang kahanga-hangang mga ginawa. 33 Dahil dito,
pinaikli ng Diyos ang kanilang mga araw; ang kanilang mga
taon ay napuno ng takot. 34 Sa tuwing pinapahirapan (sila)
ng Diyos, nagsisimula silang hanapin siya, at babalik (sila)
at masidhing hahanapin siya. 35 Maaalala nila na ang Diyos
ang kanilang bato at ang Kataas-taasang Diyos ang kanilang
tagapagligtas. 36 Pero bobolahin siya nila sa pamamagitan
ng kanilang bibig at magsisinungaling (sila) sa pamamagitan
ng kanilang mga salita. 37 Dahil ang kanilang mga puso ay
hindi matatag na nakatuon sa kaniya, at hindi (sila) tapat sa
kaniyang tipan. 38 Gayumpaman, siya ay naging maawain,
pinatawad niya ang kanilang labis na kasalanan at hindi (sila)
winasak. Oo, maraming beses niyang pinigil ang kaniyang
galit at hindi pinukaw lahat ang kaniyang matinding galit.
39 Inalala niya na (sila) ay gawa sa laman, isang hangin
na umiihip at hindi na bumalik. 40 Napakadalas nilang
nagrebelde laban sa kaniya sa ilang at pinagdalamhati siya
sa tigang na mga rehiyon! 41 Paulit-ulit nilang sinubok ang
Diyos at sinaktan ang Banal ng Israel. 42 Hindi nila inisip ang
kaniyang kapangyarihan, kung paano niya (sila) niligtas mula
sa mga kalaban 43 nang ipinakita niya ang nakasisindak
na mga tanda sa Ehipto at kababalaghan niya sa rehiyon
ng Soan. 44 Ginawa niyang dugo ang mga ilog ng Ehipto
para hindi (sila) makainom mula sa kanilang mga batis. 45
Nagpadala siya ng kulupon ng mga langaw na lumamon
sa kanila at mga palaka na kumalat sa kanilang lupain. 46
Binigay niya ang kanilang mga pananim sa mga tipaklong
at ang trabaho nila sa mga balang. 47 Winasak niya ang
kanilang mga taniman gamit ang yelo at ang kanilang mga
punong sikamore ng mas maraming pang yelo. 48 Nagpaulan
siya ng yelo sa kanilang mga baka at naghagis ng mga kidlat
sa kanilang mga baka. 49 Ang bagsik ng kaniyang galit ay
humagupit laban sa kanila. Pinadala niya ang kaniyang poot,
matinding galit, at kaguluhan tulad ng mga kinatawan na
sinugo para magdala ng sakuna. 50 Itinaas niya ang landas
ng kaniyang galit; hindi niya (sila) niligtas mula sa kamatayan
pero ibinigay niya (sila) sa salot. 51 Pinatay niya ang lahat
ng panganay sa Ehipto, ang panganay ng kanilang lakas sa
mga tolda ni Ham. 52 Inakay niya ang sarili niyang bayan
gaya ng tupa at ginabayan (sila) mula sa ilang gaya ng
isang kawan. 53 Inakay niya (sila) nang may kapanatagan
at walang takot, pero nagapi ng dagat ang kanilang mga
kaaway. 54 Pagkatapos, dinala niya (sila) sa hangganan ng
kaniyang banal na lupain, sa kaniyang bundok na nakuha ng
kaniyang kanang kamay. 55 Tinaboy niya ang mga bansa sa
kanilang mga harapan at itinalaga (sila) sa kanilang pamana;
pinatira niya ang mga tribu ng Israel sa kanilang mga tolda.
56 Pero hinamon at sumuway (sila) sa Kataas-taasang Diyos
at hindi sinunod ang kaniyang banal na mga kautusan.
57 Hindi (sila) tapat at kumilos (sila) nang may kataksilan
gaya ng kanilang mga ama; hindi (sila) maaasahan tulad ng
isang sirang pana. 58 Dahil siya ay ginalit nila sa kanilang
paganong mga templo at pinukaw siya na magalit dahil sa
kanilang mga diyos-diyosan. 59 Nang marinig ito ng Diyos,
nagalit siya at lubusang itinakwil ang Israel. 60 Iniwan niya
ang banal na santuwaryo ng Shilo, ang tolda kung saan
siya naninirahan kasama ng mga tao. 61 Hinayaan niyang
mahuli ang kaniyang lakas at ibinigay niya ang kaniyang
kaluwalhatian sa kamay ng kaniyang mga kaaway. 62
Ibinigay niya ang kaniyang bayan sa mga espada, at nagalit
siya sa kaniyang pamana. 63 Nilamon ng apoy ang kanilang
mga binata, at ang mga dalaga nila ay walang mga kantang
pangkasal. 64 Nahulog ang kanilang mga pari sa espada, at

ang kanilang mga balo ay hindi makaiyak. 65 Pagkatapos,
gumising ang Diyos mula sa pagkakatulog, gaya ng isang
mandirigma na sumisigaw dahil sa alak. 66 Pinaatras niya
ang kaniyang mga kaaway; inilagay niya (sila) sa walang
hanggang kahihiyan. 67 Tinanggihan niya ang tolda ni Jose,
at hindi niya pinili ang tribu ni Efraim. 68 Pinili niya ang tribu
ng Juda at Bundok ng Sion na iniibig niya. 69 Itinayo niya
ang kaniyang banal na santuwaryo gaya ng langit, gaya
ng daigdig na kaniyang itinatag magpakailanman. 70 Pinili
niya si David, ang kaniyang lingkod, at kinuha siya mula sa
kulungan ng mga tupa. 71 Kinuha siya mula sa pagsunod sa
mga babaeng tupa kasama ng mga kanilang anak, at dinala
siya para maging pastol ni Jacob, ng kaniyang bayan, at ng
Israel, na kaniyang pamana. 72 Pinatnubayan (sila) ni David
nang may dangal sa kaniyang puso, at ginabayan (sila) sa
pamamagitan ng kahusayan ng kaniyang mga kamay.

**79** O Diyos, ang mga dayuhang bansa ay dumating sa
iyong pamana; dinungisan nila ang iyong banal na
templo; ginawa nilang isang bunton ng pagkawasak ang
Jerusalem. 2 Ibinigay nila ang mga patay na katawan
ng iyong mga lingkod bilang pagkain ng mga ibon sa
himpapawid, ang mga katawan ng iyong tapat na bayan
sa mga halimaw ng daigdig. 3 Ibinuhos nila ang kanilang
dugo na parang tubig sa paligid ng Jerusalem, at walang
naglilibing sa kanila. 4 Kami ay naging isang kasiraan
para sa aming mga kapwa para magawan ng panunuya at
pangungutya ng mga nakapaligid sa amin. 5 Gaano katagal,
Yahweh? Mananatili ba ang iyong galit magpakailanman?
Gaano katagal mag-iinit tulad ng apoy ang galit ng iyong
pagseselos? 6 Ibuhos mo ang iyong poot sa mga bansa
na hindi nakakakilala sa iyo at sa mga kaharian na hindi
tumatawag sa iyong pangalan. 7 Dahil nilamon nila si Jacob
at winasak ang kaniyang mga nayon. 8 Huwag ibilang
ang mga kasalanan ng aming mga ninuno laban sa amin;
dumating nawa ang mga mahabaging pagkilos mo sa amin,
dahil napakahina namin. 9 Tulungan mo kami, Diyos ng
aming kaligtasan, alang-alang sa kaluwalhatian ng iyong
pangalan; iligtas mo kami at patawarin ang aming mga
kasalanan alang-alang sa iyong pangalan. 10 Bakit kailangan
sabihin ng mga bansa, “Nasaan ang kanilang Diyos?” Nawa
ang dugo ng iyong mga lingkod na ibinuhos ay maipaghiganti
sa mga bansang nasa harap ng aming mga mata. 11 Nawa
ang mga pagdaing ng mga bilanggo ay dumating sa harap
mo; sa kadakilaan ng iyong kapangyarihan panatilihin mong
buhay ang mga anak ng kamatayan. 12 Pagbayarin mo sa
mga kandungan ng aming mga karatig- bansa ng pitong
beses ang mga pang-iinsulto sa iyo, Panginoon. 13 Kaya
kami na bayan mo at tupa ng iyong pastulan ay magbibigay
ng pasasalamat sa iyo magpakailanman. Sasabihin namin
ang iyong mga papuri sa lahat ng mga salinlahi.

**80** Bigyang pansin mo, Pastol ng Israel, ikaw na
nangunguna kay Jose tulad ng isang kawan; ikaw na
nakaupo sa ibabaw ng kerubin, magliwanag ka sa amin! 2
Sa paningin ni Efraim at Benjamin at Manases, palakasin
mo ang iyong kapangyarihan; lumapit ka at iligtas kami. 3
O Diyos, panumbalikin mo kaming muli; pagliwanagin mo
ang iyong mukha sa amin, at kami ay maliligtas. 4 Yahweh
Diyos ng mga hukbo, hanggang kailan ka magagalit sa iyong
bayan kapag (sila) ay nananalangin? 5 Pinakain mo (sila) ng
tinapay ng luha at binigyan (sila) ng napakaraming luha para
mainom. 6 Ginagawan mo kami ng bagay para pagtalunan
kami ng aming kapwa, at pinagtatawanan kami ng aming
mga kaaway. 7 Diyos ng mga hukbo, panumbalikin mo kami;
pagliwanagin mo ang iyong mukha sa amin, at kami ay
maliligtas. 8 Nagdala ka ng puno ng ubas mula sa Egipto;
pinalayas mo ang mga bansa at itinanim ito sa ibang lugar.
9 Nilinis mo ang lupain para dito; nag-ugat ito at pinuno
ang lupain. 10 Ang mga bundok ay natakpan ng lilim nito,
ang pinakamataas na mga puno ng sedar ng Diyos sa mga
sanga nito. 11 Umaabot ang mga sanga nito hanggang sa
dagat at mga usbong nito hanggang sa Ilog Eufrates. 12
Bakit mo winasak ang mga pader nito para ang lahat ng
dumaraan ay pipitas ng bunga nito? 13 Sinisira ito ng mga
baboy-ramong nasa gubat, at kinakain ito ng mga halimaw
sa bukid. 14 Bumalik ka, Diyos ng mga hukbo; pagmasdan
mo mula sa langit at pansinin at alagaan ang puno ng
ubas na ito. 15 Ito ang ugat na itinanim ng iyong kanang
kamay, ang usbong na pinalago mo 16 Ito ay sinunog at
pinutol; nawa mapuksa ang iyong mga kaaway dahil sa
iyong pagsaway. 17 Nawa ang iyong kamay ay maipatong
sa taong iyong kanang kamay, sa anak ng tao na pinalakas
mo para sa iyong sarili. 18 Sa gayon hindi kami tatalikod
mula sa iyo; pasiglahin mo kami, at tatawag kami sa iyong
pangalan. 19 Ibalik mo kami, Yahweh, Diyos ng mga hukbo;
magliwanag ka sa amin, at kami ay maliligtas.

**81** Umawit nang malakas sa Diyos ng aming kalakasan;
sumigaw nang may kagalakan para sa Diyos ni Jacob.
2 Umawit at tumugtog ng tamburin, ng kaaya-ayang lira
kasama ng alpa. 3 Hipan ang sungay ng lalaking tupa sa
araw ng bagong buwan, sa araw ng kabilugan ng buwan,
kapag nagsimula ang araw ng aming kapistahan. 4 Dahil ito
ay isang batas para sa Israel, isang kautusan na ibinigay
ng Diyos ni Jacob. 5 Nagpalabas siya nito bilang isang
patakaran kay Jose noong siya ay nagtungo sa lupain
ng Ehipto, kung saan nakarinig ako ng wika na hindi ko
naintindihan. 6 “Inalis ko ang pasanin mula sa kaniyang

balikat; ang kaniyang mga kamay ay nakalaya mula sa
pagkakahawak ng basket. 7 Sa iyong pagdadalamhati ikaw
ay tumawag, at tinulungan kita; Tinugon kita mula sa isang
madilim na ulap na may kasamang kulog. Sinubok kita sa
mga tubig ng Meriba. (Selah) 8 Makinig kayo, aking bayan,
dahil babalaan ko kayo, Israel, kung makikinig lamang kayo
sa akin! 9 Walang dapat na maging dayuhang diyos sa inyo;
hindi ninyo dapat sambahin ang anumang dayuhang diyos.
10 Ako si Yahweh na inyong Diyos, na naglabas sa inyo
mula sa lupa ng Ehipto. Ibuka ninyo nang malaki ang inyong
bibig, at pupunuin ko ito. 11 Pero hindi nakinig ang aking
bayan sa aking mga salita; hindi ako sinunod ng Israel. 12
Kaya hinayaan ko (sila) na sundin ang katigasan ng sarili
nilang pamamaraan para maaari nilang gawin kung ano sa
tingin nila ang tama. 13 O, nawa makinig ang aking bayan
sa akin; O, nawa lumakad sa aking mga landas ang aking
bayan. 14 Pagkatapos agad kong pasusukuin ang kanilang
mga kaaway at ibabaling ko ang aking kamay laban sa
mga nang-aapi sa kanila. 15 Nawa ang mga napopoot kay
Yahweh ay yumuko nang may takot sa harap niya! Nawa
(sila) ay mapahiya magpakailanman. 16 Pakakainin ko ang
Israel ng pinakamainam na trigo; pasisiyahin ko kayo ng
pulot na lumalabas mula sa bato."

**82** Tumatayo ang Diyos sa banal na pagtitipon; sa
kalagitnaan ng mga diyos, nagbibigay siya ng paghatol.
2 Gaano katagal kang hahatol nang walang katarungan
at magpapakita ng pagtatangi sa masasama? (Selah) 3
Ipagtanggol mo ang mahihirap at mga ulila sa ama; panatilihin
mo ang mga karapatan ng pinapahirapan at dukha. 4
Sagipin mo ang mahihirap at nangangailangan; alisin mo
(sila) sa kamay ng masasama. 5 Hindi nila nalalaman ni
nauunawaan; nagpapalabuy-laboy (sila) sa kadiliman; lahat
ng mga pundasyon ng lupa ay gumuguho. 6 Sinabi ko,
"Kayo ay mga diyos, at lahat kayong mga anak ng Kataas-
taasan. 7 Gayumpaman mamamatay kayo tulad ng mga tao
at babagsak tulad ng isa sa mga prinsipe." 8 Bumangon, O
Diyos, hatulan mo ang daigdig, dahil mamanahin mo ang
lahat ng mga bansa.

**83** O Diyos, huwag kang manahimik! Huwag mo kaming
isawalang bahala at manatiling hindi kumikilos, O
Diyos. 2 Tingnan mo, ang iyong mga kaaway ay nanggugulo,
at ang mga napopoot sa iyo ay nagmamataas. 3 (Sila) ay
nagsasabwatan laban sa iyong bayan at magkakasamang
nagbabalak laban sa iyong mga pinangangalagaan. 4 Sinabi
nila, "Halina, at wasakin natin (sila) bilang isang bansa. Sa
gayon ang pangalan ng Israel ay hindi na maaalala pa." 5
Sama-sama silang nagbalak ng isang mahusay na paraan;
gumawa (sila) ng alyansa laban sa iyo. 6 Kabilang dito
ang mga tolda ng Edom at ang mga Ismaelita, at ang mga
mamamayan ng Moab at ang Agarenos, na nagbalak ng
masama kasama nina 7 Gebal, Ammon, Amalek; kabilang
din dito ang Filistia at ang mga nakatira sa Tiro. 8 Ang Asiria
ay kaanib din nila; (sila) ay tumutulong sa kaapu-apuhan
ni Lot. (Selah) 9 Gawin mo sa kanila ang tulad ng ginawa
mo sa Midian, sa Sisera at sa Jabi sa Ilog ng Kison. 10
Namatay (sila) sa Endor at naging tulad ng pataba sa lupa.
11 Gawin mong tulad nina Oreb at Zeeb ang kanilang mga
maharlika, at lahat ng kanilang mga prinsipe tulad nina Zeba
at Zalmuna. 12 Sinabi nila, "Kunin natin ang mga pastulan
ng Diyos." 13 Aking Diyos, gawin mo silang tulad ng ipo-
ipong alikabok, tulad ng ipa sa hangin, 14 tulad ng apoy
na sumusunog sa gubat, at tulad ng apoy na sumusunog
sa kabundukan. 15 Habulin mo (sila) ng iyong malakas na
hangin, at sindakin (sila) ng iyong bagyo. 16 Balutan mo ang
kanilang mga mukha ng kahihiyan para hanapin nila ang
iyong mukha, Yahweh. 17 Nawa mailagay (sila) sa kahihiyan
at masindak magpakailanman; nawa ay mamatay (sila) sa
kahihiyan. 18 At malalaman nila na ikaw lamang, Yahweh,
ang Kataas-taasan sa buong mundo.

**84** Kaibig-ibig ang lugar kung saan kayo nakatira, Yahweh
ng mga hukbo! 2 Nananabik ako sa mga patyo ni
Yahweh, pinagod ako ng aking pagnanais para dito. Ang
aking puso at ang buo kong pagkatao ay tumatawag sa
buhay na Diyos. 3 Kahit ang maya ay nakahanap ng isang
tirahan para sa kaniya na maging ang pugad ng inakay
ng layang-layang ay malapit sa inyong mga altar, Yahweh
ng mga hukbo, aking Hari, at aking Diyos. 4 Pinagpala
mo (sila) na nakatira sa inyong tahanan; patuloy ka nilang
pinupuri. (Selah) 5 Pinagpala ang tao na ang lakas ay
nasa iyo, na ang puso ay mga daanan papunta sa Sion. 6
Sa pagdaan sa lambak ng Pag-iyak, nakahanap (sila) ng
bukal ng tubig para inumin. Ang mga maagang ulan ay
tinatakpan ito ng maraming tubig. 7 (Sila) ay naglalakbay
mula sa kalakasan patungo sa kalakasan; ang bawat isa
sa kanila ay humaharap sa Diyos sa Sion. 8 Yahweh ang
Diyos ng mga hukbo, dinggin mo ang aking panalangin;
Diyos ni Jacob, pakinggan mo ang aking sinasabi! (Selah) 9
O Diyos, bantayan ang aming kalasag; magpakita ka ng
pag-aalala sa inyong hinirang. 10 Dahil ang isang araw sa
iyong patyo ay mas mabuti kaysa isang libo sa ibang dako.
Mas nanaisin kong maging bantay sa pinto ng tahanan ng
aking Diyos, kaysa mabuhay sa tolda ng mga masasama.
11 Dahil si Yahweh na Diyos ay ang ating araw at kalasag; si
Yahweh ay magbibigay ng biyaya at kaluwalhatian; hindi
niya pinagkakait ang anumang mabuting bagay mula sa
lumalakad na may dangal. 12 Yahweh ng mga hukbo,
pinagpala ang taong nagtitiwala sa inyo.

**85** Yahweh, nagpakita ka ng pabor sa iyong lupain; ibinalik
mo ang kagalingan ni Jacob. **2** Pinatawad mo ang
kasalanan ng iyong mamamayan; tinakpan mo ang lahat
ng kanilang kasalanan. (Selah) **3** Binawi mo ang lahat ng
iyong poot; tumalikod ka mula sa iyong galit. **4** Panumbalik
mo kami, Diyos ng aming kaligtasan, at bitawan ang iyong
inis sa amin. **5** Magagalit ka ba sa amin magpakailanman?
Mananatili ka bang galit hanggang sa mga salinlahi sa
hinaharap? **6** Hindi mo ba kami bubuhaying muli? Pagkatapos
ang iyong bayan ay magagalak sa iyo. **7** Ipakita mo sa amin
ang iyong katapatan sa tipan, Yahweh, ipagkaloob mo sa
amin ang iyong kaligtasan. **8** Makikinig ako sa sasabihin ni
Yahweh na Diyos, dahil siya ay makikipag-ayos sa kaniyang
bayan, ang kaniyang matapat na tagasunod. Pero hindi (sila)
dapat bumalik sa hangal na pamamaraan. **9** Tiyak na ang
kaniyang kaligtasan ay malapit sa mga may takot sa kaniya,
kaya ang kaluwalhatian ay mananatili sa ating lupain. **10**
Ang katapatan sa tipan at pagiging mapagkakatiwalaan ay
nagkatagpo, ang katuwiran at kapayapaan ay hinalikan ang
isa't isa. **11** Ang pagiging mapagkakatiwalaan ay uusbong
mula sa lupa, at ang tagumpay ay dudungaw mula sa langit.
**12** Oo, si Yahweh ay magbibigay ng kaniyang mabubuting
pagpapala, at mamumunga ang mga pananim sa ating
lupain. **13** Pangungunahan siya ng katuwiran at gagawa ng
daan para sa kaniyang mga yapak.

**86** Makinig ka, Yahweh, at sagutin mo ako, dahil ako ay
mahirap at inapi. **2** Pangalagaan mo ako, dahil ako
ay matapat; aking Diyos, iligtas mo ang iyong lingkod na
nagtitiwala sa iyo. **3** Maawa ka sa akin, Panginoon, dahil
ako ay tumatawag sa iyo buong araw. **4** Pasayahin mo ang
iyong lingkod, dahil sa iyo, Panginoon, ako nagdarasal. **5**
Ikaw, Panginoon, ay mabuti, at handang magpatawad, at
nagpapakita ka ng malaking awa sa lahat ng tumatawag
sa iyo. **6** Yahweh, makinig ka sa aking panalangin, dinggin
mo ang aking pagsamo. **7** Sa araw ng aking kaguluhan
tumatawag ako sa iyo, dahil sasagutin mo ako. **8** Walang
sinuman ang maihahambing sa iyo sa mga diyos, Panginoon.
Walang mga gawa ang makakatulad sa mga ginawa mo. **9**
Lahat ng bansa na iyong ginawa ay pupunta at yuyuko sa
iyo, Panginoon. Pararangalan nila ang iyong pangalan. **10**
Dahil ikaw ay dakila at gumagawa ng kamangha-manghang
mga bagay, ikaw lamang ang Diyos. **11** Turuan mo ako ng
iyong mga pamamaraan, Yahweh. At ako ay lalakad sa iyong
katotohanan. Pag-isahin mo ang aking puso sa pagsamba
sa iyo. **12** Panginoon aking Diyos, pupurihin kita ng buong
puso, luluwalhatiin ko ang iyong pangalan magpakailanman.
**13** Dahil dakila ang iyong katapatan sa tipan para sa akin,
iniligtas mo ang aking buhay mula sa kailaliman ng sheol.
**(Sheol h7585)** **14** O Diyos, ang mayayabang ay naghihimagsik
laban sa akin. Ang isang pangkat ng marahas na mga lalaki
ay nagbabanta sa aking buhay. Wala silang pagsasaalang-
alang para sa iyo. **15** Pero kayo, Panginoon, ay maawain at
mabait na Diyos, matagal magalit, at sagana sa pagiging
tapat at mapagkakatiwalaan sa tipan. **16** Harapin mo ako
at maawa ka sa akin, ibigay mo ang iyong kalakasan sa
iyong lingkod; iligtas mo ang anak ng babaeng lingkod
mo. **17** Magpakita kayo sa akin ng tanda ng iyong pabor.
Kung ganoon sinumang napopoot sa akin ay makikita ito at
malalagay sa kahihiyan dahil ikaw, Yahweh, ang tumulong at
umaliw sa akin.

**87** Ang lungsod ng Panginoon ay naitatag sa banal na
mga kabundukan. **2** Mas minamahal ni Yahweh ang
mga tarangkahan ng Sion kaysa sa lahat ng mga tolda ni
Jacob. **3** Mga maluwalhating bagay ay sinabi sa iyo, lungsod
ng Diyos. (Selah) **4** Binanggit ko ang Rahab at Babilonia
sa mga tagasunod ko. Masdan ninyo, may Filistia, at Tiro,
kasama ang Etiopia. Ang isang ito ay ipinanganak doon. **5**
Sa Sion ay sasabihin ito, “Bawat isa rito ay ipinanganak sa
kaniya; at ang Kataas-taasan mismo ang magtatatag sa
kaniya.” **6** Tinatandaan ni Yahweh habang inililista niya ang
mga tao, “Ang isang ito ay ipinanganak doon.” (Selah) **7**
Kaya sinasabi ng mang-aawit at mananayaw, “Ang lahat ng
aking bukal ng tubig ay nasa iyo.”

**88** Yahweh, Diyos ng aking kaligtasan, araw at gabi akong
umiiyak sa iyo. **2** Pakinggan mo ang aking panalangin;
pansinin mo ang aking pag-iyak. **3** Dahil puno ako ng mga
kaguluhan, at umabot na ang buhay ko sa Sheol. **(Sheol h7585)**
**4** Tinuturing ako ng mga tao na gaya ng mga bumababa sa
hukay; ako ay isang taong walang lakas. **5** Iniwan ako sa
gitna ng mga patay; katulad ako ng mga patay na nakahimlay
sa libingan, na wala ka nang pakialam dahil naalis na
(sila) mula sa iyong kapangyarihan. **6** Inilagak mo ako sa
pinakamalalim na bahagi ng hukay, sa madilim at malalim na
mga lugar. **7** Nakadagan sa akin ang bigat ng iyong poot, at
lahat ng iyong mga alon ay humahampas sa akin. (Selah) **8**
Dahil sa iyo, iniiwasan ako ng mga kasama ko. Ginawa mo
akong katakot-takot na tanawin sa kanila. Nakagapos ako at
hindi ako makatakas. **9** Namamaga ang mga mata ko dahil
sa pighati; Buong araw akong tumatawag sa iyo, Yahweh;
inuunat ko ang aking mga kamay sa iyo. **10** Gagawa ka
ba ng mga himala para sa patay? Babangon ba ulit silang
mga namatay para papurihan ka? (Selah) **11** Maihahayag
ba sa libingan ang iyong katapatan sa tipan, ang iyong
pagiging tapat sa lugar ng mga patay? **12** Malalaman ba ang
kamangha-mangha mong mga ginawa sa kadiliman, o ang
iyong katuwiran sa lugar ng pagkamakalimutin? **13** Pero
dumadaing ako sa iyo, Yahweh; sa umaga ay idinudulog ko

sa iyong harapan ang aking mga panalangin. 14 Yahweh,
bakit mo ako tinatanggihan? Bakit mo tinatago ang iyong
mukha mula sa akin? 15 Matagal na akong naghihirap
at nasa bingit na ng kamatayan simula pa nang aking
kabataan. Nagdusa na ako sa labis mong galit; wala na
akong magagawa. 16 Dinaanan na ako ng iyong galit, at
pinuksa ako ng katakot-takot mong mga gawain. 17 Buong
araw nila akong pinaligiran katulad ng tubig; pinalibutan nila
ako. 18 Tinanggal mo ang bawat kaibigan at kasama mula
sa akin. Ang tanging kasama ko lang ay ang kadiliman.

**89** Magpakailanman kong aawitin ang mga ginawa ni
Yahweh sa kaniyang katapatan sa tipan. Ihahayag
ko sa mga susunod na salinlahi ang iyong pagiging totoo.
2 Dahil aking sinabi, “Ang katapatan sa tipan ay naitatag
magpakailanman; itinatag mo ang iyong pagkamatapat sa
kalangitan.” 3 “Nakipagtipan ako sa aking pinili, nangako ako
sa aking lingkod na si David. 4 Itataguyod ko ang iyong mga
kaapu-apuhan magpakailanman, at itataguyod ko ang iyong
trono sa bawat salinlahi.” (Selah) 5 Pinupuri ng kalangitan
ang iyong kamanghaan, Yahweh; ang iyong pagiging totoo
ay pinupuri sa pagtitipon ng mga banal. 6 Dahil sino sa
kalangitan ang maihahambing kay Yahweh? Sino sa mga
anak ng mga diyos ang katulad ni Yahweh? 7 Siya ay Diyos
na lubos na pinararangalan sa konseho ng mga banal at
ang kamangha-mangha sa gitna ng lahat ng nakapalibot sa
kaniya. 8 Yahweh, Diyos ng mga hukbo, sino ang kasing
lakas mo, Yahweh? Pinapaligiran ka ng iyong katapatan. 9
Pinaghaharian mo ang nagngangalit na mga dagat; kapag
gumugulong ang mga alon, pinapayapa mo ang mga ito. 10
Dinurog mo si Rahab katulad ng isang taong pinatay. Kinalat
mo ang mga kaaway mo sa pamamagitan ng malakas mong
bisig. 11 Sa iyo ang kalangitan, pati na ang kalupaan. Nilikha
mo ang mundo at lahat ng nilalaman nito. 12 Nilikha mo
ang hilaga at timog. Nagsasaya ang Tabor at Hermon sa
pangalan mo. 13 Mayroon kang makapangyarihang bisig at
malakas na kamay, at nakataas ang iyong kanang kamay. 14
Katuwiran at hustisya ang saligan ng iyong trono. Katapatan
sa tipan at pagiging mapagkakatiwalaan ang nasa harapan
mo. 15 Mapalad ang mga sumasamba sa iyo! Yahweh,
lumalakad (sila) sa liwanag ng iyong mukha. 16 Buong araw
silang nagsasaya sa pangalan mo, at itinataas ka nila sa
katuwiran mo. 17 Ikaw ang kanilang dakilang kalakasan, at
sa iyong pabor kami ay nagtatagumpay. 18 Dahil ang kalasag
namin ay pagmamay-ari ni Yahweh; ang hari namin ay Ang
Banal ng Israel. 19 Matagal na ang nakalipas nang nagsalita
ka sa matatapat sa iyo sa pamamagitan ng pangitain; sinabi
mo, “Pinatungan ko ng korona ang isang taong magiting;
humirang ako mula sa mga tao. 20 Pinili ko si David na aking
lingkod; hinirang ko siya gamit ang aking banal na langis. 21
Aalalayan siya ng aking kamay; palalakasin siya ng aking
bisig. 22 Walang kaaway ang makapanlilinlang sa kaniya;
walang anak ng kasamaan ang mang-aapi sa kaniya. 23
Dudurugin ko ang mga kaaway niya sa kaniyang harapan;
papatayin ko ang mga namumuhi sa kaniya. 24 Makakasama
niya ang aking katotohanan at ang aking katapatan sa tipan;
sa pamamagitan ng pangalan ko siya ay magtatagumpay.
25 Ipapatong ko ang kaniyang kamay sa ibabaw ng dagat
at ang kanang kamay niya sa ibabaw ng mga ilog. 26
Tatawagin niya ako, 'Ikaw ang aking Ama, aking Diyos,
ang bato ng aking kaligtasan.' 27 Gagawin ko rin siyang
panganay kong anak na lalaki, ang pinaka-tinatanghal sa
mga hari ng lupa. 28 Ipagpapatuloy ko ang aking katapatan
sa tipan sa kaniya magpakailanman; at ang tipan ko sa
kaniya ay magiging matatag. 29 Itataguyod ko ang kaniyang
mga kaapu-apuhan magpakailanman at ang kaniyang trono
ay magiging kasing tatag ng kalangitan. 30 Kung iiwanan
ng kaniyang mga anak ang aking batas at susuwayin ang
aking mga kautusan, 31 kung lalabagin nila ang aking mga
patakaran at hindi susundin ang aking mga kautusan, 32
parurusahan ko ang kanilang paghihimagsik gamit ang
isang pamalo at ang kanilang mga kasalanan ng aking
mga suntok. 33 Pero hindi ko aalisin ang aking katapatan
sa tipan mula sa kaniya o hindi magiging totoo sa aking
pangako. 34 Hindi ko puputulin ang aking tipan o babaguhin
ang mga salita ng aking mga labi. 35 Higit kailanman ako ay
nangako sa aking kabanalan - hindi ako magsisinungaling
kay David: 36 ang kaniyang mga kaapu-apuhan at ang
kaniyang trono ay magpapatuloy magpakailanman na kasing
tagal ng araw sa aking harapan. 37 Magiging matatag ito
magpakailanman katulad ng buwan, ang tapat na saksi sa
kalangitan. (Selah) 38 Pero itinanggi mo at itinakwil; nagalit
ka sa iyong hinirang na hari. 39 Tinalikuran mo ang tipan ng
iyong lingkod. Nilapastangan mo ang kaniyang korona sa
lupa. 40 Giniba mo ang lahat ng kaniyang mga pader. Sinira
mo ang kaniyang mga tanggulan. 41 Ninakawan siya ng
lahat ng dumaan sa kaniya. Siya ay naging kasuklam-suklam
sa mga kapitbahay niya. 42 Itinaas mo ang kanang kamay
ng mga kaaway niya; pinasaya mo ang lahat ng mga kaaway
niya. 43 Binaliktad mo ang dulo ng kaniyang espada at hindi
mo siya pinagtatagumpay kapag nasa labanan. 44 Tinapos
mo ang kaniyang karangyaan; giniba mo ang kaniyang trono.
45 Pinaikli mo ang araw ng kaniyang kabataan. Binihisan mo
siya ng kahihiyan. (Selah) 46 Hanggang kailan, Yahweh?
Itatago mo ba ang iyong sarili, habang buhay? Hanggang
kailan maglalagablab ang iyong galit tulad ng apoy? 47 Isipin
mo kung gaano na lang kaikli ang oras ko, at ang kawalan
ng pakinabang ng lahat ng mga anak ng tao na nilikha
mo! 48 Sino ang kayang mabuhay at hindi mamamatay,

o sino ang makapagliligtas ng kaniyang buhay mula sa
kapangyarihan ng sheol? (Selah) **(Sheol h7585)** **49** Panginoon,
nasaan na ang dati mong mga gawain ng katapatan sa
tipan na pinangako mo kay David sa iyong katotohanan?
**50** Alalahanin mo, Panginoon, ang pangungutya sa iyong
mga lingkod at kung paano ko kinikimkim sa aking puso ang
napakaraming panlalait mula sa mga bansa. **51** Nagbabato
ng panlalait ang mga kaaway mo, Yahweh; kinukutya nila
ang mga hakbangin ng iyong hinirang. **52** Pagpalain nawa si
Yahweh magpakailanman. Amen at Amen.

**90** Ika-apat na aklat. Isang panalangin ni Moises ang
lingkod ng Diyos. Panginoon, ikaw ang aming kublihan
sa mga nakalipas na mga salinlahi. **2** Bago nahubog ang mga
bundok, o hinubog mo ang lupa at ang mundo, hanggang sa
habang panahon, ikaw ay Diyos. **3** Binabalik mo sa alabok
ang tao, at sinasabi mo, "Bumalik ka, ikaw na lahi ng tao." **4**
Dahil ang isang libong taon ay parang kahapon na lumipas,
na tulad ng hudyat sa gabi. **5** Tinatangay mo (sila) tulad
ng baha at nakakatulog (sila) sa umaga ay tulad (sila) ng
sumisibol na damo. **6** Sa umaga ito ay namumulaklak at
tumutubo; sa gabi ito ay nalalanta at natutuyot. **7** Tunay nga
na nilalamon kami ng iyong galit, at sa iyong poot kami ay
lubhang natatakot. **8** Nilagay mo ang mga kasalanan namin
sa iyong harapan, ang aming mga nakatagong kasalanan sa
liwanag ng iyong presensiya. **9** Lumilipas ang aming buhay
sa ilalim ng iyong poot; ang aming mga taon ay madaling
lumilipas na tulad ng buntong-hininga. **10** Ang aming mga
taon ay pitumpu, walumpu kung kami ay malusog; pero kahit
na ang aming pinakamainam na taon ay may suliranin at
kapighatian. Oo, mabilis itong lumilipas, at tinatangay kami
palayo. **11** Sino ang nakakaalam ng tindi ng iyong galit; ang
poot mo na katumbas sa takot na dinudulot nito? **12** Kaya
turuan mo kaming isaalang-alang ang aming buhay para
mamuhay kami ng may karunungan. **13** Bumalik ka, Yahweh!
Gaano pa ba katagal? Maawa ka sa iyong mga lingkod. **14**
Bigyan mo kami sa umaga ng kasiyahan sa iyong katapatan
sa tipan para magsaya kami at magalak sa lahat ng mga
araw namin. **15** Hayaan mo kaming magalak katumbas
ng mga araw nang sinaktan mo kami at sa mga taon na
nakaranas kami ng suliranin. **16** Hayaan mong makita ng
iyong mga lingkod ang iyong mga gawa, at hayaang makita
ng aming mga anak ang iyong kaluwalhatian. **17** Nawa ang
pabor ng Panginoon ay mapasaamin; pasaganahin ang
gawa ng aming mga kamay; tunay nga, pasaganahin mo
ang gawa ng aming mga kamay.

**91** Siya na nananahan sa kanlungan ng Kataas-taasan
ay mananatili sa lilim ng Makapangyarihan sa lahat. **2**
Aking sasabihin kay Yahweh, "Siya ang aking kanlungan at
aking tanggulan, aking Diyos, na aking pinagkakatiwalaan."
**3** Dahil sasagipin ka niya mula sa patibong ng mangangaso
at mula sa nakamamatay na salot. **4** Tatakpan ka niya ng
kaniyang mga pakpak, at sa ilalim ng kaniyang mga pakpak
ay makakatagpo ka ng kanlungan. Ang kanyang pagiging
mapagkakatiwalaan ay isang kalasag at proteksyon. **5** Hindi
ka matatakot sa kilabot ng gabi, o sa palaso na lumilipad sa
araw, **6** o ang salot na gumagala sa kadiliman, o ang sakit na
nanggagaling sa katanghalian. **7** Libo ang maaaring mabuwal
sa iyong tabi, at sampung libo sa iyong kanang kamay, pero
hindi ito makakaabot sa iyo. **8** Mamamasdan mo lamang at
makikita ang mga kaparusahan ng masasama. **9** Dahil si
Yahweh ang aking kanlungan! Gawin mo ring kanlungan ang
Kataas-taasan. **10** Walang kasamaang makakaabot sa iyo;
walang paghihirap ang makakalapit sa iyong tahanan. **11**
Dahil uutusan niya ang kaniyang mga anghel na protektahan
ka, para ingatan ka sa lahat ng iyong mga kaparaanan. **12**
Itataas ka nila gamit ang kanilang mga kamay para hindi ka
madulas at mahulog sa bato. **13** Dudurugin mo ang mga
leon at ulupong sa iyong mga paa; iyong yuyurakan ang
mga batang leon at mga ahas. **14** Dahil matapat siya sa
akin, ililigtas ko siya. Poproktetahan ko siya dahil matapat
siya sa akin. **15** Kapag tumatawag siya sa akin, ako ay
tutugon sa kaniya. Makakasama niya ako sa kaguluhan;
bibigyan ko siya ng katagumpayan at pararangalan siya.
**16** Bibigyan ko siya ng kasiyahan sa mahabang buhay at
ipapakita ko sa kaniya ang aking kaligtasan.

**92** Ito ay isang mabuting bagay para magbigay ng
pasasalamat kay Yahweh at para umawit ng papuri sa
iyong ngalan, Kataas-taasan, **2** para ipahayag ang iyong
katapatan sa tipan sa umaga at ang iyong katotohanan
tuwing gabi, **3** na may alpa na may sampung kuwerdas at
may himig ng lira. **4** Dahil ikaw, Yahweh, ay pinasaya mo ako
sa pamamagitan ng iyong mga gawa. Aawit ako sa tuwa dahil
sa gawa ng iyong mga kamay. **5** Napakadakila ng iyong mga
gawa, Yahweh! Ang iyong kaisipan ay napakalalim. **6** Hindi
alam ng malupit na tao, ni maiintindihan ng hangal: **7** Kapag
sumisibol ang masasama katulad ng damo, at kahit ang lahat
ng gumagawa ng masama ay magtagumpay, mananatili
silang nasa tiyak na kapahamakan magpakailanman. **8**
Pero ikaw, Yahweh, ay maghahari magpakailanman. **9** Sa
katunayan, tingnan mo ang iyong mga kaaway, Yahweh;
lahat ng gumagawa ng masama ay nakakalat. **10** Itinaas
mo ang aking sungay katulad ng sungay ng mabangis na
toro; pinahiran mo ako ng sariwang langis. **11** Nakita ng
aking mga mata ang pagkabagsak ng aking mga kaaway;
ang aking mga tainga ay narinig ang katapusan ng aking
mga masasamang kaaway. **12** Ang mga matutuwid ay
yayabong katulad ng puno ng palma; ito ay lalago katulad ng

isang sedar sa Lebanon. 13 (Sila) ay nakatanim sa tahanan
ni Yahweh; (sila) ay yayabong sa patyo ng ating Diyos.
14 Namumunga (sila) kahit (sila) ay matanda na; nanatili
silang sariwa at luntian, 15 para ihayag na si Yahweh ay
makatuwiran. Siya ang aking bato, at walang hindi matuwid
sa kaniya.

**93** Si Yahweh ay naghahari; siya ay binabalutan ng
kamaharlikahan; si Yahweh ay nakadamit ng kalakasan;
sinusuot niya ito na parang isang sinturon. Ang mundo
ay matatag na itinayo; hindi ito matitinag. 2 Ang iyong
trono ay naitayo mula noong unang panahon; ikaw ay
mula sa magpakailanman. 3 Tumataas ang karagatan,
Yahweh; kanilang itinaas ang kanilang mga tinig; ang
alon ng karagatan ay nagsasalpukan at dumadagundong.
4 Sa ibabaw ng nagsasalpukang mga alon, ang mga
makapangyarihang naghahati ng dagat, si Yahweh na
kataas-taasan ay makapangyarihan. 5 Ang iyong taos
pusong mga kautusan ay tunay na mapagkakatiwalaan;
ang iyong kabanalan ang nagpapalamuti ng iyong tahanan,
Yahweh, magpakailanman.

**94** Yahweh, ang Diyos na naghihiganti, magliwanag
ka sa amin. 2 Bumangon ka, hukom ng mundo,
ibigay mo sa mapagmalaki kung ano ang nararapat sa
kanila. 3 Yahweh, gaano magtatagal ang kasamaan, gaano
magtatagal ang kaligayahan ng masasama? 4 Nagbubuhos
(sila) ng pagmamataas at mapanghamon na mga salita, at
nagmamayabang silang lahat. 5 Wawasakin nila ang iyong
bayan, Yahweh; sinasaktan nila ang bansa na nabibilang
sa iyo. 6 Pinapatay nila ang balo at ang dayuhan, at
pinapaslang nila ang mga ulila. 7 Sinasabi nila, “Hindi
makikita ni Yahweh, ang Diyos ni Jacob ay hindi mapapansin
ito.” 8 Unawain ninyo, kayong mangmang; kayong mga
hangal, kailan kayo matututo? 9 Siya na lumikha ng tainga,
hindi ba niya naririnig? Siyang naghulma ng mata, hindi ba
siya nakakakita? 10 Siya na dumidisiplina ng mga bansa,
hindi ba niya tinatama? Siya ang nagbigay ng kaalaman sa
tao. 11 Alam ni Yahweh ang isipan ng mga tao, na (sila) ay
masama. 12 Pinagpala siya na iyong tinuruan, Yahweh, siya
na tinuruan mo mula sa iyong batas. 13 Binigyan mo siya ng
kapahingahan sa oras ng kaguluhan hanggang ang isang
hukay ang binungkal para sa masasama. 14 Dahil hindi
iiwanan ni Yahweh ang kaniyang mga tao o pababayaan
ang kanyang pag-aari. 15 Dahil mananaig ang katarungan;
at lahat ng matuwid ay susunod. 16 Sino ang babangon
para ipagtanggol ako mula sa mga gumagawa ng masama?
Sino ang tatayo para sa akin laban sa mga masasama? 17
Maliban na lang kung si Yahweh ang aking naging tulong,
sa kalaunan, ako ay hihiga sa lugar ng katahimikan. 18
Nang sinabi ko, “Ang aking paa ay nadudulas,” ang iyong
katapatan sa tipan, Yahweh, ay itinaas ako. 19 Kapag ang
mga alalahanin na nasa akin ay nagbabadya na tabunan
ako, ang iyong kaginhawaan ang nagpapasaya sa akin. 20
Kaya ba ng masasamang mga pinuno na makiisa sa iyo,
silang mga gumawa ng walang katarungan sa pamamagitan
ng alituntunin? 21 (Sila) ay magkasama na nagsasabwatan
para kunin ang buhay ng matuwid at kanilang sinsusumpa
sa kamatayan ang walang sala. 22 Pero si Yahweh ang
naging matayog kong tore, at ang aking Diyos ang naging
bato sa aking kanlungan. 23 Dadalhin niya sa kanila ang
kanilang sariling labis na kasalanan at puputulin niya ang
sarili nilang kasamaan. Si Yahweh ang ating Diyos ang
puputol sa kanila.

**95** O halika, tayo ay umawit kay Yahweh; tayo ay umawit ng
may kagalakan para sa bato ng ating kaligtasan. 2 Tayo
ay pumasok sa kaniyang presensya ng may pasasalamat;
tayo ay umawit sa kaniya ng may salmong papuri. 3 Dahil si
Yahweh ay dakilang Diyos at dakilang Hari na nananaig sa
lahat ng diyos. 4 Sa kaniyang kamay ay ang kalaliman ng
kalupaan; ang katayugan ng bundok ay sa kaniya. 5 Ang
dagat ay kaniya, dahil nilikha niya ito, at hinulma ng kaniyang
mga kamay ang tuyong lupa. 6 O halika, tayo ay magpuri
at yumukod; tayo ay lumuhod sa harapan ni Yahweh, ang
ating tagapaglikha: 7 Dahil siya ang ating Diyos, at tayo ang
mga tao sa kaniyang pastulan at ang mga tupa ng kaniyang
kamay. Ngayon, marinig niyo nawa ang kaniyang tinig! 8
“Huwag niyong patigasin ang inyong puso, tulad sa Meribah,
o sa araw ng Masah sa ilang, 9 nang sinubukan ng inyong
ninuno na hamunin ang aking kapangyarihan at sinubukan
ang aking pasensya, kahit na nakita nila ang aking mga
gawa. 10 Sa apatnapung taon ako ay galit sa salinlahi na
iyon at sinabi, 'Ito ang mga tao na ang mga puso ay lumihis
ng landas; hindi nila alam ang aking mga pamamaraan.'
11 Kaya nga nangako ako sa aking poot na hindi na (sila)
kailanman makakapasok sa aking lugar ng kapahingahan.”

**96** O, umawit kay Yahweh ng isang bagong awitin; umawit
kay Yahweh, buong daigdig. 2 Umawit kay Yahweh,
purihin ang kanyang pangalan; ipahayag ang kanyang
kaligtasan araw-araw. 3 Ipahayag ang kanyang kaluwalhatian
sa gitna ng mga bansa, ang kanyang kahanga-hangang mga
gawa sa gitna ng lahat ng mga bansa. 4 Dahil si Yahweh ay
dakila at marapat siyang papurihan ng lubos. Dapat siyang
katakutan higit sa lahat ng ibang mga diyos. 5 Dahil lahat
ng mga diyos ng mga bansa ay mga diyus-diyosan, pero
si Yahweh ang lumikha ng kalangitan. 6 Kaningningan at
kamahalan ang nasa kanyang presensiya. Kalakasan at
kagandahan ang nasa kanyang santuwaryo. 7 Iukol kay

Yahweh, kayong mga angkan ng mga tao, iukol kay Yahweh
ang kaluwalhatian at kalakasan. 8 Iukol kay Yahweh ang
kaluwalhatiang nararapat sa kanyang pangalan. Magdala ng
handog at magsipasok sa kanyang mga silid. 9 Magbigay
galang kay Yahweh sa kanyang banal na kaningningan.
Manginig kayo sa kanyang harapan, buong daigdig. 10
Sabihin ninyo sa gitna ng mga bansa, si Yahweh ang
naghahari. Ang mundo rin ay itinatag; hindi ito mayayanig.
Hinahatulan niya ang mga tao nang patas. 11 Hayaang
ang kalangitan ay magalak, at ang daigdig ay magdiwang;
hayaang ang dagat ay rumagasa at ang mga laman nito ay
sumigaw nang may kagalakan. 12 Hayaang magalak ang
mga bukirin at lahat ng nasa kanila. Pagkatapos hayaang
ang mga puno sa kagubatan sumigaw sa kagalakan 13 sa
harapan ni Yahweh, dahil siya ay darating. Siya ay darating
para hatulan ang daigdig batay sa katuwiran at ang mga tao
batay sa kanyang katapatan.

**97** Naghahari si Yahweh; hayaang magalak ang daigdig;
hayaang matuwa ang maraming kapuluan. 2
Pumapalibot sa kanya ang mga ulap at kadiliman. Katuwiran
at katarungan ang saligan ng kanyang trono. 3 Ang apoy ang
nasa kanyang unahan at tumutupok sa kanyang mga kaaway
sa lahat ng dako. 4 Ang kanyang kidlat ang lumiliwanag sa
mundo; nakikita ng daigdig at nayayanig. 5 Ang mga bundok
ay natutunaw gaya ng kandila sa harapan ni Yahweh, ang
Panginoon ng buong daigdig. 6 Ipinapahayag ng kalangitan
ang kanyang katarungan, at nakikita ng lahat ng mga bansa
ang kanyang kaluwalhatian. 7 Ang lahat ng sumasamba sa
mga inukit na bagay ay mapapahiya, ang mga nagyayabang
sa mga walang katuturang mga diyos-diyosan— yumukod
kayo sa kanya, kayong lahat na mga diyos! 8 Narinig ng
Sion at natuwa, at ang mga bayan ng Juda ay nagalak
dahil sa iyong matuwid na mga kautusan, Yahweh. 9 Dahil
ikaw, Yahweh, ay kataas-taasan sa buong daigdig. Ikaw
ay dinadakila higit sa lahat ng mga diyos. 10 Kayong mga
nagmamahal kay Yahweh, kamuhian ninyo ang masama!
Ipinagtatanggol niya ang buhay ng kanyang mga banal at
inililigtas niya (sila) sa kamay ng mga masasama. 11 Ang
liwanag ay itinatanim para sa mga matuwid at katuwaan
para sa mga may matapat na puso. 12 Magalak kay Yahweh,
kayong matutuwid; at magbigay ng pasasalamat sa kanyang
banal na pangalan.

**98** O, umawit kay Yahweh ng bagong awitin, dahil gumawa
siya ng mga kahanga-hangang mga bagay; ang
kanyang kanang kamay at ang kanyang banal na bisig, ay
nagbibigay sa atin ng tagumpay. 2 Inihayag ni Yahweh ang
kanyang kaligtasan; hayagan niyang ipinakita ang kanyang
katarungan sa lahat ng mga bansa. 3 Inaalala niya ang
kaniyang tipan ng kagandahang loob at katapatan para sa
sambahayan ng Israel; lahat ng mga hangganan ng daigdig
ay makikita ang katagumpayan ng ating Diyos. 4 Sumigaw
kay Yahweh ng may kagalakan, buong daigdig; isambulat sa
awit at umawit ng may kagalakan, umawit ng mga papuri. 5
Umawit kay Yahweh ng mga papuri sa pamamagitan ng
alpa, sa pamamagitan ng alpa at malambing na awit. 6 Sa
pamamagitan ng mga trumpeta at mga tunog ng tambuli,
mag-ingay kayo na may kagalakan sa harapan ng Hari,
si Yahweh. 7 Hayaang sumigaw ang dagat at ang lahat
ng bagay sa loob nito, ang buong mundo at ang mga
naninirahan dito. 8 Hayaan ang mga ilog na ipalakpak
ang kanilang mga kamay at hayaan ang mga bundok na
sumigaw sa kagalakan. 9 Darating si Yahweh para hatulan
ang daigdig. Hahatulan niya ang mundo nang may katuwiran
at ang mga bansa nang patas.

**99** Naghahari si Yahweh; hayaang manginig ang mga
bansa. Siya ay nakaluklok sa itaas ng mga kerubin;
ang daigdig ay yumayanig. 2 Si Yahweh ay dakila sa Sion;
itinataas siya sa lahat ng mga bansa. 3 Hayaan mong
purihin nila ang iyong dakila at kahanga-hangang pangalan;
siya ay banal. 4 Ang hari ay malakas, at minamahal niya
ang katarungan. Itinatag mo ang pagkakapantay-pantay;
nilikha mo ang makatarungang pamamahala kay Jacob.
5 Purihin si Yahweh ang ating Diyos at sambahin siya sa
kanyang tuntungan. Siya ay banal. 6 Sina Moises at Aaron
ay kabilang sa kanyang mga pari, at si Samuel ay kabilang
sa mga nanalangin sa kanya. Nanalangin (sila) kay Yahweh,
at sinagot niya (sila) 7 Kinausap niya (sila) mula sa haliging
ulap. Iningatan nila ang kanyang tapat na mga kautusan at
mga batas na ibinigay sa kanila. 8 Sinagot mo (sila) Yahweh
na aming Diyos. Ikaw ang Diyos na nagpatawad sa kanila,
kahit na pinarusahan mo ang kanilang mga kasalanan. 9
Purihin si Yahweh ang ating Diyos, at sambahin siya sa
kanyang banal na burol, dahil si Yahweh ang ating Diyos na
banal.

**100** Sumigaw na may kagalakan kay Yahweh, buong
daigdig. 2 Maglingkod kay Yahweh ng may
kasiyahan; magsilapit sa kanyang presensiya na umaawit
nang may kagalakan. 3 Kilalalanin ninyo na si Yahweh ay
Diyos; siya ang gumawa sa atin, at tayo ay sa kanya. Tayo
ang kanyang bayan at mga tupa sa kanyang pastulan. 4
Magsipasok kayo sa loob ng kanyang mga tarangkahan
na may pagpapasalamat at sa loob ng kanyang mga silid
na may pagpupuri. Pasalamatan at purihin ang kanyang
pangalan. 5 Dahil si Yahweh ay mabuti; ang kanyang
katapatan sa tipan ay mananatili magpakailanman at ang

kanyang pagiging totoo ay magpapatuloy sa lahat ng mga
salinlahi.

101 Aawit ako tungkol sa katapatan sa tipan at
katarungan; sa iyo, Yahweh, ako ay aawit ng mga
papuri. 2 Lalakad ako sa daan ng katapatan. O, kailan ka
lalapit sa akin? Lalakad ako ng may katapatan sa loob ng
aking tahanan. 3 Hindi ako gagawa ng mga pagkakamali sa
harapan ng aking mga mata; nasusuklam ako sa walang
katuturang kasamaan. Hindi ito kakapit sa akin. 4 Iiwanan ako
ng mga taong matigas ang ulo; hindi ako tapat sa kasamaan.
5 Lilipulin ko ang sinumang lihim na naninirang puri sa
kanyang kapwa. Hindi ko papayagan ang sinumang may
mapagmataas at aroganteng pag-uugali. 6 Babantayan ko
ang mga tapat sa kalupaan na uupo sa aking gilid. Ang mga
taong lumalakad na may katapatan ay makakapaglingkod
sa akin. 7 Ang mga mandarayang tao ay hindi mananatili
sa loob ng aking tahanan; ang mga sinungaling ay hindi
malugod na tatanggapin sa aking harapan. 8 Sa bawat
umaga ay wawasakin ko ang mga masasama mula sa
lupain. Aalisin ko ang lahat ng masamang tao mula sa
lungsod ni Yahweh.

102 Dinggin mo ang aking panalangin, Yahweh; dinggin
mo ang aking pag-iyak sa iyo. 2 Huwag mong itago
ang iyong mukha mula akin sa oras ng aking kaguluhan.
Makinig ka sa akin. Kapag ako ay nanawagan sa iyo, agad
mo akong sagutin. 3 Dahil lumilipas na parang usok ang
aking mga araw, at nasusunog ang aking mga buto tulad ng
apoy. 4 Nadudurog ang aking puso, at tulad ako ng damo na
natutuyo. Nalilimutan kong kumain ng anumang pagkain. 5
Sa patuloy kong pagdaing, labis akong pumayat. 6 Tulad
ako ng isang pelikano sa kaparangan; ako ay naging tulad
ng isang kwago sa wasak na lugar. 7 Gising akong nakahiga
na parang isang malungkot na ibon, nag-iisa sa bubungan. 8
Buong araw akong tinutuya ng aking mga kaaway; ginagamit
ang aking pangalan sa mga pagsumpa ng mga nanlilibak sa
akin. 9 Kumakain ako ng abo tulad ng tinapay at hinahaluan
ng mga luha ang aking inumin. 10 Dahil sa iyong matinding
galit, binuhat mo ako para ibagsak. 11 Ang aking mga
araw ay tulad ng isang anino na unti-unting nawawala, at
natutuyo ako tulad ng damo. 12 Pero ikaw, Yahweh, ay
nabubuhay magpakailanman, at ang katanyagan mo ay para
sa lahat ng mga salinlahi. 13 Babangon ka at maaawa sa
Sion. Panahon na ngayon para kaawaan siya; dumating
na ang takdang oras. 14 Dahil minamahal ng iyong mga
lingkod ang kanyang mga bato at nahahabag sa alikabok
ng kanyang pagkawasak. 15 Igagalang ng mga bansa ang
iyong pangalan, Yahweh, at pararangalan ng lahat ng mga
hari sa daigdig ang iyong kaluwalhatian. 16 Muling itatayo ni
Yahweh ang Sion at makikita sa kanyang kaluwalhatian.
17 Sa oras na iyon, tutugon siya sa panalangin ng dukha;
hindi niya tatanggihan ang kanilang panalangin. 18 Ito ay
masusulat para sa mga darating na salinlahi, at pupurihin si
Yahweh ng isang bayan na hindi pa ipinapanganak. 19 Dahil
tumingin siya pababa mula sa kanyang banal na kaitaasan;
mula sa langit tiningnan ni Yahweh ang daigdig, 20 para
dinggin ang pagdaing ng mga bilanggo, para palayain ang
mga nahatulan ng kamatayan. 21 Pagkatapos ihahayag ng
mga tao ang pangalan ni Yahweh sa Sion at ang kanyang
papuri sa Jerusalem 22 sa panahon na ang mga tao at mga
kaharian ay magtitipon para paglingkuran si Yahweh. 23
Inalis niya ang aking kalakasan sa kalagitnaan ng aking
buhay. Pinaikli niya ang aking mga araw. 24 Sinabi ko,
"Aking Diyos, huwag mo akong kunin sa kalagitnaan ng
aking buhay; naririto ka sa lahat ng mga salinlahi. 25 Nang
mga sinaunang panahon inilagay mo sa lugar ang daigdig;
ang kalangitan ay gawa ng iyong mga kamay. 26 Mawawala
(sila) pero mananatili ka; tatanda silang lahat tulad ng isang
damit; tulad ng pananamit, huhubarin mo (sila) at maglalaho
(sila) 27 Pero wala kang pagbabago, at ang mga taon mo ay
hindi magwawakas. 28 Patuloy na mabubuhay ang mga
anak ng iyong mga lingkod, at ang kanilang mga kaapu-
apuhan ay mabubuhay sa iyong presensya.

103 Binibigyang papuri ko si Yahweh ng buong buhay
ko, at ng lahat ng mayroon ako, binibigyang papuri
ko ang kanyang banal na pangalan. 2 Binibigyang papuri ko
si Yahweh ng buong buhay ko, at naaalala ko ang lahat
ng kanyang mga mabubuting gawa. 3 Pinapatawad niya
lahat ng inyong mga kasalanan; pinapagaling niya lahat
ng inyong mga sakit. 4 Tinutubos niya ang inyong buhay
mula sa pagkawasak; kinokoronahan niya kayo ng kanyang
katapatan sa tipan at mga gawain ng pagkahabag. 5
Binibigyang kasiyahan niya ang inyong buhay ng mabubuting
bagay para mapanumbalik ang inyong kabataan tulad ng
agila. 6 Ginagawa ni Yahweh kung ano ang makatarungan
at gumagawa ng mga gawain ng katarungan para sa
lahat ng mga naaapi. 7 Ipinaalam niya ang kanyang mga
pamamaraan kay Moises, ang kanyang mga gawa sa
mga kaapu-apuhan ng Israel. 8 Si Yahweh ay maawain
at mapagbigay-loob; siya ay mapagpaumanhin; mayroon
siyang labis na katapatan sa tipan. 9 Hindi siya laging
magdidisiplina; hindi siya laging nagagalit. 10 Hindi niya
tayo tinatrato ayon sa nararapat sa ating mga kasalanan o
ginagantihan ayon sa kung ano ang hinihingi ng ating mga
kasalanan. 11 Dahil kung gaano kataas ang kalangitan sa
ibabaw ng daigdig, ganoon kadakila ang kanyang katapatan
sa tipan sa mga nagbibigay ng parangal sa kanya. 12 Kung
gaano kalayo ang silangan mula sa kanluran, ganoon kalayo

niya inalis mula sa atin ang ating mga kasalanan. **13** Kung
paanong may pagkahabag ang isang ama sa kanyang mga
anak, gayundin pagkahabag ni Yahweh sa mga nagbibigay
ng parangal sa kanya. **14** Dahil alam niya kung paano
tayo binuo; alam niya na tayo ay alabok. **15** Pero ang tao,
parang damo ang kanyang mga araw; lumalago siya tulad
ng isang bulaklak sa isang bukid. **16** Hinihipan ito ng hangin,
at ito ay naglalaho, at wala man lamang makapagsabi
kung saan ito minsang tumubo. **17** Pero ang katapatan
sa tipan ni Yahweh ay magpasawalang-hanggan sa mga
nagbibigay parangal sa kanya. Ang kanyang katuwiran ay
umaabot sa kanilang mga kaapu-apuhan. **18** Iniingatan nila
ang kanyang tipan at tinatandaang sumunod sa kanyang
mga tagubilin. **19** Itinatag ni Yahweh ang kanyang trono
sa mga kalangitan, at pinamamahalaan ang bawat isa ng
kanyang kaharian. **20** Bigyang papuri si Yahweh kayong mga
anghel na napakalakas at sumusunod sa kanyang salita, na
masunurin sa kanyang mga kautusan. **21** Bigyang papuri si
Yahweh lahat ng kanyang hukbo ng mga anghel, kayo ay
kanyang mga lingkod na nagsasagawa ng kanyang kalooban.
**22** Bigyang papuri si Yahweh lahat ng kanyang mga nilalang,
sa lahat ng mga lugar kung saan siya naghahari. Pupurihin
ko si Yahweh nang buong buhay ko.

**104** Pupurihin ko si Yahweh nang buong buhay ko,
Yahweh aking Diyos, lubhang kahanga-hanga ka;
dinadamitan ka ng kaningningan at kamahalan. **2** Nilulukuban
mo ang iyong sarili ng liwanag gaya ng isang damit; inilalatag
mo ang kalangitan na parang isang kurtina ng tolda. **3**
Nilalagay mo ang mga biga ng iyong mga silid sa ibabaw
ng mga ulap; ginagawa mong sariling karwahe ang mga
ulap; lumalakad ka sa ibabaw ng mga pakpak ng hangin. **4**
Ginagawa niyang mensahero niya ang mga hangin, mga
liyab ng apoy ay kanyang mga lingkod. **5** Inilagay niya
ang mga pundasyon ng daigdig, at hindi ito kailanman
matitinag. **6** Binalot mo ang daigdig ng tubig tulad ng isang
damit; binalot ng tubig ang mga bundok. **7** Ang pagsusuway
mo ang nagpaurong ng mga tubig; sa tunog ng iyong
dumadagundong na tinig, (sila) ay lumayo. **8** Lumitaw ang
mga bundok, lumatag ang mga lambak sa mga lugar na
itinalaga mo sa kanila. **9** Nagtakda ka ng isang hangganan
para sa kanila na hindi nila tatawirin; hindi na nila muling
babalutin ang daigdig. **10** Pinadaloy niya ang mga bukal
sa mga lambak; Dumadaloy ang mga batis sa pagitan ng
mga bundok. **11** Nagdadala (sila) ng tubig para sa lahat ng
mga hayop sa bukid; napapawi ang pagkauhaw ng mga
maiilap na asno. **12** Sa may tabing-ilog, ginagawa ng mga
ibon ang kanilang mga pugad; umaawit (sila) sa mga sanga.
**13** Dinidiligan niya ang mga bundok mula sa kanyang mga
silid ng tubig sa kalangitan. Napupuno ang daigdig ng bunga
ng kanyang mga gawain. **14** Pinapatubo niya ang damo para
sa mga baka at mga halaman para linangin ng tao nang sa
gayon ay makapag-ani ang tao ng pagkain mula sa lupa.
**15** Gumagawa siya ng alak para pasayahin ang tao, langis
para magliwanag ang kanyang mukha, at pagkain para
magpatuloy ang kanyang buhay. **16** Nadidiligan nang mabuti
ang mga puno ni Yahweh; itinanim niya ang mga sedar ng
Lebanon. **17** Doon ginagawa ng mga ibon ang kanilang mga
pugad. Ginagawang tahanan ng tagak ang puno ng pir. **18**
Naninirahan sa matataas na bundok ang mababangis na
kambing; ang kaitaasan ng bundok ay isang kanlungan para
sa mga kuneho. **19** Itinalaga niya ang buwan bilang tanda ng
mga panahon; alam ng araw ang oras ng kanyang paglubog.
**20** Ginawa mo ang kadiliman ng gabi kung kailan lahat ng
mga hayop sa gubat ay lumalabas. **21** Umuungol ang mga
batang leon para sa kanilang huli at naghahanap (sila) ng
pagkain mula sa Diyos. **22** Sa pagsikat ng araw, bumabalik
at natutulog (sila) sa kanilang mga lungga. **23** Samantala,
nagtatrabaho ang mga tao at gumagawa hanggang gabi. **24**
Yahweh, kayrami at iba't iba ang iyong mga gawa! Ginawa
mo ang lahat ng mga iyon nang may karunungan; umaapaw
ang daigdig sa mga gawa mo. **25** Banda roon ay ang
dagat, malalim at malawak, punong-puno ng hindi mabilang
na mga nilalang, kapwa maliit at malaki. **26** Naglalakbay
doon ang mga barko, at naroroon din si Leviatan, na
hinubog mo para maglaro sa dagat. **27** Ang lahat ng mga
ito ay tumitingin sa iyo para bigyan (sila) ng pagkain sa
tamang oras. **28** Kapag nagbibigay ka sa kanila, (sila) ay
nagtitipon; kapag binubuksan mo ang iyong palad, (sila)
ay nasisiyahan. **29** Kapag itinatago mo ang iyong mukha,
(sila) ay nababagabag; kapag nilalagot mo ang kanilang
hininga, (sila) ay namamatay at nauuwi sa alabok. **30**
Kapag ipinapadala mo ang iyong Espiritu, (sila) ay nalilikha,
at pinapanumbalik mo ang kanayunan. **31** Nawa manatili
magpakailanman ang kaluwalhatian ni Yahweh; masiyahan
nawa si Yahweh sa kanyang nilikha. **32** Pinagmamasdan
niya ang daigdig, at ito ay nayayanig; hinahawakan niya ang
kabundukan, at ang mga iyon ay umuusok. **33** Aawit ako kay
Yahweh ng buong buhay ko; aawit ako ng papuri sa aking
Diyos habang ako ay nabubuhay. **34** Nawa maging matamis
ang aking mga isipan sa kanya; magagalak ako kay Yahweh.
**35** Mawala nawa ang mga makasalanan mula sa daigdig, at
ang mga masasama ay maglaho. Nagbibigay ako ng papuri
kay Yahweh ng buong buhay ko. Purihin si Yahweh.

**105** Magpasalamat kayo kay Yahweh, tumawag kayo
sa kaniyang pangalan; ipaalam ninyo ang kaniyang
mga gawa sa mga bansa. **2** Umawit sa kaniya, umawit sa
kaniya ng mga papuri; Ipahayag ang lahat ng kaniyang
mga kamangha-manghang gawa. **3** Magmalaki sa kaniyang

banal na pangalan; hayaang magalak ang puso nilang
naghahanap kay Yahweh. 4 Hanapin si Yahweh at ang
kaniyang kalakasan; patuloy na hanapin ang kaniyang
presensya. 5 Alalahanin ang mga kahanga-hangang bagay
na kaniyang ginawa, ang kaniyang mga himala at ang mga
kautusan mula sa kaniyang bibig, 6 kayong mga kaapu-
apuhan ni Abraham na kaniyang lingkod, kayong mga anak
ni Jacob, na kaniyang mga pinili. 7 Siya si Yahweh, ang ating
Diyos. Ang kaniyang mga kautusan ay sumasaklaw sa buong
mundo. 8 Inaalala niya ang kaniyang tipan magpakailanman,
ang salita na kaniyang iniutos sa sanlibong salinlahi. 9 Iniisip
niya ang tipan na kaniyang ginawa kasama ni Abraham at
ang kaniyang panunumpa kay Isaac. 10 Ito ay kung ano
ang pinagtibay kay Jacob na alituntunin at sa Israel na
magpasawalang-hanggang tipan. 11 Sinabi niya, “Ibibigay ko
ang lupain ng Canaan bilang bahagi ng iyong mana.” 12
Sinabi niya ito noong kaunti pa lamang ang bilang nila, labis
na kaunti, at mga dayuhan pa sa lupain. 13 Galing (sila)
mula sa isang bansa tungo sa ibang bansa at mula sa isang
kaharian patungo sa isa pa. 14 Hindi niya ipinahintulutang
apihin (sila) ng sinuman; kaniyang sinuway ang mga hari
dahil sa kanilang kapakanan. 15 Sinabi niya, “Huwag ninyong
galawin ang mga hinirang, at huwag ninyong gawan ng
masama ang aking mga propeta.” 16 Nagdala siya ng
taggutom sa lupa; pinutol niya ang lahat ng pinagkukunan ng
tinapay. 17 Pinauna niya ang isang lalaki sa kanila; ipinagbili
si Jose bilang isang alipin. 18 Ginapos ang kaniyang mga paa
ng kadena; mga bakal na kadena ang itinali sa kaniya. 19
hanggang sa panahon na ang kaniyang hula ay nagkatotoo.
Pinatunayan ng salita ni Yahweh na siya ay matuwid. 20
Nagpadala ang hari ng mga lingkod para pakawalan siya;
pinalaya siya ng pinuno ng mga tao. 21 Siya ay itinalagang
mamahala sa kaniyang bahay bilang pinuno ng lahat ng
kaniyang mga ari-arian 22 para pangunahan ang kaniyang
mga prinsipe ayon sa kaniyang hiling at para turuan ang
mga nakatatanda ng karunungan. 23 Pagkatapos, dumating
ang Israel sa Ehipto, at si Jacob ay nanirahan ng matagal
sa lupain ng Ham. 24 Pinarami ng Diyos ang kaniyang
bayan at ginawa niyang mas marami kaysa sa kanilang mga
kalaban. 25 Siya ang nagdulot sa kanilang mga kaaway na
kapootan ang kaniyang bayan, para abusuhin ang kaniyang
mga lingkod. 26 Pinadala niya si Moises, ang kaniyang
lingkod, at si Aaron, na kaniyang pinili. 27 Isinagawa nila ang
kaniyang mga himala sa mga taga-Ehipto, ang kaniyang
mga kababalaghan sa lupain ng Ham. 28 Nagpadala siya
ng kadiliman at pinadilim ang lupain, pero hindi sumunod
sa kaniyang mga utos ang mga tao rito. 29 Ginawa niyang
dugo ang tubig at pinatay ang kanilang mga isda. 30 Ang
kanilang lupain ay napuno ng mga palaka, kahit sa mga
silid ng kanilang mga pinuno. 31 Nagsalita siya, at dumating
ang mga pulutong ng langaw at niknik sa buong bansa
nila. 32 Nagpadala siya ng yelo at ulan na may kasamang
kidlat at kulog sa kanilang lupain. 33 Winasak niya ang
kanilang ubasan at mga puno ng igos; at binali niya ang mga
puno sa kanilang bansa. 34 Nagsalita siya, at dumating ang
mga balang, napakaraming mga balang. 35 Kinain ng mga
balang ang lahat ng gulayan sa kanilang lupain; at kinain
nila ang lahat ng mga pananim sa lupa. 36 Pinatay niya
ang lahat ng panganay sa kanilang lupain, ang mga unang
bunga ng lahat ng kanilang kalakasan. 37 Inilabas niya ang
mga Israelita na may dalang pilak at ginto; walang sinuman
sa kaniyang angkan ang natisod sa daan. 38 Natuwa ang
Ehipto nang (sila) ay umalis, dahil takot sa kanila ang mga
taga-Ehipto. 39 Ikinalat niya ang ulap para maging takip
at gumawa ng apoy para magbigay liwanag sa gabi. 40
Humingi ng pagkain ang mga Israelita, at nagdala siya ng
mga pugo at binusog (sila) ng tinapay mula sa langit. 41
Biniyak niya ang malaking bato, at bumulwak ang tubig mula
rito; umagos ito sa ilang tulad ng ilog. 42 Dahil inaalala niya
ang kaniyang banal na pangako na kaniyang ginawa kay
Abraham na kaniyang lingkod. 43 Inilabas niya ang kaniyang
bayan na may kagalakan, ang kaniyang pinili na may sigaw
ng katagumpayan. 44 Ibinigay niya sa kanila ang mga lupain
ng mga bansa; inangkin nila ang mga kayamanan ng mga
tao 45 nang sa gayon ay mapanatili nila ang kaniyang mga
alituntunin at sundin ang kaniyang mga kautusan. Purihin si
Yahweh.

**106** Purihin si Yahweh. Magpasalamat kay Yahweh,
dahil siya ay mabuti, dahil ang kaniyang katapatan
sa tipan ay mananatili magpakailanman. 2 Sinong
makapagsasalaysay ng mga makapangyarihang gawa ni
Yahweh o makapagpapahayag sa lahat ng kaniyang mga
kapuri-puring gawa nang buong-buo? 3 Mapalad silang
gumagawa ng tama, at laging makatuwiran ang mga gawa.
4 Alalahanin mo ako, Yahweh, noong nagpakita ka ng
kabutihang-loob sa iyong bayan; tulungan mo ako kapag
iniligtas mo (sila) 5 Pagkatapos, makikita ko ang kasaganahan
ng iyong hinirang, nagdiriwang ng may katuwaan ang iyong
bansa, at kaluwalhatian sa iyong mana. 6 Nagkasala kami
tulad ng aming mga ninuno; nakagawa kami ng mali, at
nakagawa kami ng kasamaan. 7 Ang aming ama ay hindi
pinahalagahan ang iyong kamangha-manghang mga gawa
sa Ehipto; hindi nila pinansin ang karamihan sa iyong mga
ginawa sa katapatan sa tipan; (sila) ay rebelde sa dagat, sa
Dagat ng Tambo. 8 Gayumpaman, iniligtas niya tayo para
sa kapakanan ng kaniyang pangalan para maihayag ang
kaniyang kapangyarihan. 9 Sinuway niya ang Dagat na
Tambo, at natuyo ito. Pagkatapos pinatnubayan niya (sila) sa

mga kalaliman, gaya ng sa ilang. **10** Iniligtas niya (sila) mula
sa kamay ng mga napopoot sa kanila, at iniligtas niya (sila)
mula sa kapangyarihan ng kaaway. **11** Pero tinabunan ng
tubig ang kanilang mga kalaban; walang nakaligtas sa kanila
ni isa. **12** Pagkatapos, naniwala (sila) sa kaniyang mga
salita, at inawit nila ang kaniyang papuri. **13** Pero mabilis
nilang kinalimutan ang kaniyang mga ginawa; hindi nila
hinintay ang mga tagubilin niya. **14** Mayroon silang masidhing
paghahangad sa ilang, at sinubok nila ang Diyos sa disyerto.
**15** Binigay niya sa kanila ang kanilang hiling, pero nagpadala
siya ng karamdaman na sumisira sa kanilang mga katawan.
**16** Sa kampo, nagselos (sila) kay Moises at Aaron, ang
banal na pari ni Yahweh. **17** Bumuka ang lupa at nilamon
si Dathan at tinakpan ang mga tagasunod ni Abiram. **18**
Nagningas ang apoy sa kanilang kalagitnaan; sinunog ng
apoy ang mga masasama. **19** Gumawa (sila) ng guya sa
Horeb at sumamba sa larawang metal. **20** Ipinagpalit nila
ang kaluwalhatian ng Diyos para sa larawan ng isang toro
na kumakain ng damo. **21** Nilimot nila ang Diyos na kanilang
tagapagligtas, ang gumawa ng mga dakilang gawa sa Ehipto.
**22** Gumawa siya ng mga kahanga-hangang bagay sa lupain
ng Ham at makapangyarihang gawa sa Dagat ng Tambo.
**23** Ipag-uutos niya ang kanilang pagkalipol, kung hindi si
Moises, na kaniyang hinirang, ay namagitan sa kaniya sa
puwang para pawiin ang kaniyang galit mula sa pagkakalipol
nila. **24** Hinamak nila ang masaganang lupain; hindi (sila)
naniniwala sa kaniyang pangako, **25** pero nagrereklamo
(sila) sa loob ng kanilang mga tolda, at hindi (sila) sumunod
kay Yahweh. **26** Kaya itinaas niya ang kaniyang kamay
at sumumpa sa kanila na hindi niya hahayaang mamatay
(sila) sa disyerto, **27** ikakalat ang mga kaapu-apuhan sa
mga bansa, at ikakalat (sila) sa lupain ng mga dayuhan.
**28** Sumamba (sila) kay Baal sa Peor at kinain ang mga
alay na handog sa mga patay. **29** Siya ay inuudyukan
nila sa kanilang mga gawa, at ang salot ay kumalat sa
kanila. **30** Pagkatapos tumayo si Pinehas para mamagitan,
at ang salot ay tumigil. **31** Ibinilang ito sa kaniya na isang
matuwid na gawa sa lahat ng salinlahi magpakailanman. **32**
Ginalit nila si Yahweh sa katubigan ng Meriba, at nagdusa
si Moises dahil sa kanila. **33** Pinasama nila ang loob ni
Moises, at nagsalita siya ng masakit. **34** Hindi nila nilipol ang
mga bansa gaya ng iniutos ni Yahweh sa kanila, **35** pero
nakisalamuha (sila) sa mga bansa at ginaya ang kanilang
mga pamamaraan **36** at sinamba ang kanilang mga diyus-
diyosan, na naging patibong sa kanila. **37** Inalay nila ang
kanilang mga anak na lalaki at babae sa mga demonyo. **38**
Dumanak ang dugo ng mga walang kasalanan, ang dugo ng
kanilang mga anak na lalaki at babae, na kanilang inalay
sa diyus-diyosan ng Canaan, at nilapastangan nila ang
lupain sa pagdanak ng dugo. **39** Nadungisan (sila) dahil sa
kanilang mga gawa; sa kanilang mga kilos, katulad (sila)
ng mga babaeng bayaran. **40** Kaya nagalit si Yahweh sa
kaniyang bayan, at hinamak niya ang kaniyang sariling
bayan. **41** Ibinigay niya (sila) sa kamay ng mga bansa, at
pinamunuan (sila) ng mga napopoot sa kanila. **42** Inapi (sila)
ng kanilang mga kaaway, at (sila) ay pinasakop sa kanilang
kapangyarihan. **43** Maraming beses, pumunta siya para
tulungan (sila) pero nanatili silang naghihimagsik at ibinaba
(sila) dahil sa sarili nilang kasalanan. **44** Gayumpaman,
binigyan niya ng pansin ang kanilang kahirapan nang narinig
niya ang kanilang daing para sa tulong. **45** Inalala niya ang
kaniyang pangako at nahabag dahil sa kaniyang katapatan
sa tipan. **46** Dinulot niya na maawa sa kanila ang lahat ng
kanilang mga mananakop. **47** Iligtas mo kami, Yahweh,
aming Diyos. Tipunin mo kami mula sa mga bansa para
magbigay kami ng pasasalamat sa iyong banal na pangalan
at luwalhati sa iyong mga papuri. **48** Si Yahweh nawa, ang
Diyos ng Israel, ay purihin mula sa lahat ng panahon. Ang
lahat ng tao ay sumagot ng, “Amen.” Purihin si Yahweh.
Ikalimang Aklat

**107** Magpasalamat kay Yahweh, dahil sa kaniyang
kabutihan at ang kaniyang katapatan sa tipan ay
mananatili magpakailanman. **2** Hayaang magsalita ang mga
tinubos ni Yahweh, ang kaniyang mga sinagip mula sa
kapangyarihan ng kaaway. **3** Tinipon niya (sila) mula sa
ibang mga lupain ng dayuhan, mula sa silangan at kanluran,
mula sa hilaga at mula sa timog. **4** Naligaw (sila) sa ilang
sa disyertong daan at walang lungsod na natagpuan para
matirhan. **5** Dahil gutom at uhaw (sila) nanghina (sila) sa
kapaguran. **6** Pagkatapos tumawag (sila) kay Yahweh sa
kanilang pagkabalisa, at sinagip niya (sila) mula sa kagipitan.
**7** Pinangunahan niya (sila) sa tuwid na landas para mapunta
(sila) sa lungsod para manirahan. **8** O papupurihan si Yahweh
ng mga tao dahil sa kaniyang katapatan sa tipan at para
sa mga kamangha-manghang bagay na kaniyang ginawa
sa sangkatauhan! **9** Dahil panapawi niya ang pananabik
nilang mga nauuhaw, at ang mga pagnanasa nilang mga
gutom ay kaniyang pinupuno ng magagandang bagay. **10**
Naupo ang ilan sa kadiliman at sa lumbay, mga bilanggo
sa kalungkutan at pagkagapos. **11** Dahil nagrebelde (sila)
laban sa salita ng Diyos at tinanggihan ang tagubilin ng
nasa Kataas-taasan. **12** Ibinaba niya ang kanilang mga puso
sa paghihirap; Natisod (sila) at wala ni isa ang tumulong
sa kanila. **13** Kaya tumawag (sila) kay Yahweh sa kanilang
problema at inalis niya (sila) mula sa kanilang kagipitan.
**14** Inalis niya (sila) mula sa kadiliman at lumbay at nilagot
ang kanilang pagkakatali. **15** Magpupuri ang mga taong
iyon kay Yahweh dahil sa kaniyang katapatan sa tipan at

para sa mga kamangha-manghang bagay na kaniyang
ginawa sa sangkatauhan! 16 Dahil winasak niya ang mga
tarangkahan na tanso at pinutol ang mga bakal na rehas. 17
Hangal (sila) sa kanilang suwail na mga pamamaraan at
naghihirap dahil sa kanilang mga kasalanan. 18 Nawalan
(sila) ng pagnanais na kumain ng kahit na anong pagkain
at napalapit (sila) sa mga tarangkahan ng kamatayan. 19
Kaya (sila) ay tumawag kay Yahweh sa kanilang problema
at inalis niya (sila) mula sa kagipitan. 20 Ipinadala niya ang
kaniyang salita at pinagaling (sila) at sinagip niya (sila) mula
sa kanilang pagkawasak. 21 Papupurihan nang mga taong
iyon si Yahweh dahil sa kaniyang katapatan sa tipan at dahil
sa mga kamangha-manghang bagay na kaniyang ginawa
para sa sangkatauhan! 22 Hayaan mo silang maghandog ng
pasasalamat at magpahayag ng kaniyang mga ginawa sa
pag-aawitan. 23 Naglakbay ang iba sa dagat sa barko at
nagnegosyo sa ibang bansa. 24 Nakita nila ang mga gawa
ni Yahweh at kaniyang kababalaghan sa mga dagat. 25
Dahil ipinag-utos niya at ginising ang hangin ng bagyo na
nagpaalon sa karagatan. 26 Umabot ito sa himpapawid;
bumaba (sila) sa pinakamalalim na lugar. Ang kanilang
mga buhay ay nalusaw ng pagkabalisa. 27 Nayanig (sila)
at sumuray-suray tulad ng mga lasinggero at (sila) ay
nasa dulo ng kanilang diwa. 28 At tumawag (sila) kay
Yahweh sa kanilang problema at inalis niya (sila) sa kanilang
pagkabalisa. 29 Pinayapa niya ang bagyo at pinatahimik
ang mga alon. 30 Nagdiwang (sila) dahil kumalma ang
dagat at dinala niya (sila) sa nais nilang daungan. 31 Nawa
papupurihan ng mga taong iyon si Yahweh dahil sa kaniyang
katapatan sa tipan at dahil sa mga kamangha-manghang
bagay na kaniyang ginawa para sa sangkatauhan! 32 Hayaan
silang dakilain siya sa pagtitipon ng mga tao at papurihan
siya sa samahan ng mga nakatatanda. 33 Ginagawa niyang
ilang ang mga ilog, tuyong lupa ang mga bukal na tubig, 34
at tigang na lupa ang matabang lupa dahil sa kasamaan ng
mga tao rito. 35 Ginagawa niyang paliguan ang ilang at mga
bukal na tubig ang tuyong lupa. 36 Doon pinapatira niya
ang nagugutom at (sila) ay nagtayo ng isang lungsod para
tirahan. 37 Gumagawa (sila) ng isang lungsod para maglagay
ng bukirin para taniman ng ubasan, at para mamunga ito
ng masaganang ani. 38 Pinagpala niya (sila) para maging
napakarami. Hindi niya hinayaan ang kanilang mga baka
na mabawasan ng bilang. 39 Nawala (sila) at ibinaba sa
pamamagitan ng kagipitan at paghihirap. 40 Nagbuhos siya
ng galit sa mga pinuno at nagdulot sa kanila na maligaw
sa ilang, kung saan walang mga daan. 41 Pero iniingatan
niya ang nangangailangan mula sa sakit at inilagaan ang
kaniyang mga pamilya tulad ng isang kawan. 42 Makikita ito
ng matuwid at magdiriwang at mananahimik ang kasamaan.
43 Dapat tandaan ng sinuman ang mga bagay na ito at
magnilay-nilay sa tipan na pagkilos ni Yahweh.

**108** Nakatuon ang aking puso, O Diyos; aawit ako,
oo, aawit ako ng mga papuri kasama ng aking
naparangalang puso. 2 Gising, lira at alpa; gigisingin ko ang
madaling araw. 3 Magbibigay ako ng pasasalamat sa iyo,
Yawheh, sa gitna ng mamamayan; aawit ako ng mga papuri
sa iyo sa mga bansa. 4 Dahil ang iyong katapatan sa tipan
ay dakila sa ibabaw ng kalangitan; at ang iyong pagiging
mapagkakatiwalaan ay umaabot sa himpapawid. 5 Itanghal
ka, O Diyos, sa ibabaw ng kalangitan, at nawa ang iyong
kaluwalhatian ay maparangalan sa buong mundo. 6 Para
ang iyong mga minahal ay maligtas, sagipin mo kami ng
iyong kanang kamay at sagutin kami. 7 Nagsalita ang Diyos
sa kaniyang kabanalan; “Magdiriwang ako; hahatiin ko ang
Shekem at hahatiin ang lambak ng Sucot. 8 Akin ang Gilead,
at akin ang Manases; akin rin ang salakot ang Efraim; ang
Juda ang aking setro. 9 Ang Moab ang aking palanggana;
sa Edom itatapon ko ang aking sapatos; sisigaw ako sa
pagtatagumpay dahil sa Filistia. 10 Sino ang magdadala sa
akin sa matatag na bayan? Sino ang papatnubay sa akin sa
Edom?” 11 O Diyos, hindi mo ba kami tinalikuran? Hindi ka
pumunta sa digmaan kasama ng aming mga sundalo. 12
Bigyan mo kami ng tulong laban sa kaaway, dahil walang
saysay ang tulong ng tao. 13 Magtatagumpay kami sa tulong
ng Diyos; tatapakan niya ang aming mga kaaway.

**109** Diyos na aking pinupuri, huwag kang manahimik,
2 dahil nilulusob ako ng masasama at mapanlinlang;
nagsasabi (sila) ng mga kasinungalingan laban sa akin.
3 Pinalilibutan nila ako at nagsasabi nang mga bagay na
nakamumuhi, at nilulusob nila ako nang walang dahilan.
4 Kapalit ng pag-ibig ko ay ang paninirang-puri nila, pero
ipinapanalangin ko (sila) 5 Ginantihan nila ako ng kasamaan
para sa kabutihan at namumuhi (sila) sa aking pag-ibig.
6 Maghirang ka ng masamang tao sa kaaway na katulad
nila; magtalaga ka ng tagapagbintang para tumayo sa
kaniyang kanang kamay. 7 Kapag siya ay hinatulan,
nawa mapatunayan siyang may-sala; nawa maituring na
makasalanan ang kaniyang panalangin. 8 Nawa umigsi
ang kaniyang mga araw; nawa may ibang kumuha ng
kaniyang katungkulan. 9 Nawa ang kaniyang mga anak ay
mawalan ng ama, at nawa ang kaniyang asawang babae
ay maging balo. 10 Nawa mahibang at magmakaawa ang
kaniyang mga anak, na nanghihingi ng limos sa kanilang
pag-alis sa kanilang wasak na tahanan. 11 Nawa kunin ng
pinagkakautangan ang lahat ng kaniyang pag-aari; nawa
nakawin ng mga dayuhan ang kaniyang kinikita. 12 Nawa
walang sinuman ang mag-abot ng kabutihan sa kaniya;

nawa walang sinuman ang magkaroon ng awa sa kaniyang
mga anak na walang ama. 13 Nawa ang kaniyang mga anak
ay mawala; nawa ang kanilang mga pangalan ay mabura sa
susunod na salinlahi. 14 Nawa mabanggit ang kasalanan ng
kaniyang mga ninuno kay Yahweh; at nawa ang kasalanan
ng kaniyang ina ay hindi malimutan. 15 Nawa ang kanilang
pagkakasala ay palaging nasa harapan ni Yahweh; nawa
burahin ni Yahweh ang kanilang alaala mula sa mundong
ito. 16 Nawa gawin ito ni Yahweh dahil ang taong ito ay
hindi kailanman nag-abala na magpakita ng kahit anong
katapatan sa tipan, pero sa halip ay ginugulo ang mga api,
mga nangangailangan, at mga pinanghinaan ng loob sa
kamatayan. 17 Inibig niya ang pagsusumpa; nawa bumalik
ito sa kaniya. Kinasusuklaman niya ang pagpapala; nawa
walang pagpapala ang dumating sa kaniya. 18 Sinuotan
niya ang kaniyang sarili ng sumpa bilang kaniyang damit, at
ang kaniyang sumpa ay pumasok sa kaniyang kalooban
gaya ng tubig, gaya ng langis sa kaniyang mga buto. 19
Nawa ang mga sumpa ay maging gaya ng mga damit na
kaniyang sinusuot para balutan ang kaniyang sarili, gaya ng
sinturon na palagi niyang suot-suot. 20 Nawa ito ang maging
gantimpala ng aking mga tagapagbintang mula kay Yahweh,
mga nagsasabi ng masasamang bagay tungkol sa akin.
21 Yahweh aking Panginoon, pakitunguhan mo ako nang
mabuti alang-alang sa ngalan mo. Dahil ang iyong katapatan
sa tipan ay mabuti, iligtas mo ako. 22 Dahil sa ako ay naaapi
at nangangailangan, at ang aking puso ay sugatan. 23
Naglalaho ako gaya ng anino sa gabi; niyugyog ako gaya
ng isang balang. 24 Humina ang aking mga tuhod mula sa
pag-aayuno; nagiging balat at buto na ako. 25 Hinamak
ako ng mga nagbibintang sa akin; kapag nakikita nila ako,
iniiling nila ang kanilang mga ulo. 26 Tulungan mo ako, O
Yahweh na aking Diyos; iligtas mo ako sa pamamagitan
ng iyong katapatan sa tipan. 27 Nawa malaman nila na ito
ay iyong gawain, na ikaw, Yahweh ang gumawa nito. 28
Kahit sumpain nila ako, pakiusap pagpalain mo ako; kapag
sinalakay nila ako, nawa (sila) ay mapahiya, pero nawa ang
iyong lingkod ay magalak. 29 Nawa ang mga kaaway ko
ay mabalutan ng kahihiyan; nawa suotin nila ang kanilang
kahihiyan gaya ng isang balabal. 30 Sa pamamagitan ng
aking bibig magbibigay ako ng labis na pasasalamat kay
Yahweh; pupurihin ko siya sa gitna ng maraming tao. 31
Dahil siya ay tatayo sa kanang kamay ng nangangailangan,
para iligtas siya mula sa mga nanghuhusga sa kaniya.

**110** Sinabi ni Yahweh sa aking panginoon, “Umupo ka
sa aking kanang kamay hanggang ang iyong mga
kaaway ay gawin kong iyong tuntungan.” 2 Hahawakan ni
Yahweh ang setro ng iyong kalakasan mula sa Sion; mamuno
ka sa iyong mga kaaway. 3 Ang iyong bayan ay susunod
sa iyo sa banal na kasuotan ng kanilang sariling kalooban
sa araw ng iyong kapangyarihan; mula sa sinapupunan ng
bukang liwayway ang iyong pagkabata ay mapapasaiyo gaya
ng hamog. 4 Sumumpa si Yahweh, at hindi magbabago:
“Ikaw ay isang pari magpakailanman, ayon sa paraan ni
Melkisedek.” 5 Ang Panginoon ay nasa iyong kanang kamay.
Papatayin niya ang mga hari sa araw ng kaniyang galit. 6
Hahatulan niya ang mga bayan; pupunuin niya ang lugar ng
digmaan ng mga bangkay; papatayin niya ang mga pinuno
ng maraming mga bansa. 7 Iinom siya sa batis sa tabi ng
daan, at pagkatapos ay ititingala niya ang kaniyang ulo
pagkatapos ng tagumpay.

**111** Purihin si Yahweh. Magbibigay ako ng pasasalamat
kay Yahweh ng buong puso sa kapulungan ng
matutuwid, sa kanilang pagtitipon. 2 Ang mga gawain
ni Yahweh ay dakila, nananabik na hinihintay ng lahat
nang nagnanais sa kanila. 3 Ang kaniyang mga gawain
ay dakila at maluwalhati, at ang kaniyang katuwiran ay
mananatili magpakailanman. 4 Gumagawa siya ng mga
kahanga-hangang mga bagay na maaalala; si Yahweh
ay mapagbigay-loob at maawain. 5 Nagbibigay siya ng
pagkain sa kaniyang tapat na mga tagasunod. Palagi
niyang inaalala ang kaniyang tipan. 6 Ipinamalas niya ang
kaniyang makapangyarihang mga gawa sa kaniyang bayan
sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mana sa mga
bansa. 7 Ang mga gawain ng kaniyang mga kamay ay
mapagkakatiwalaan at makatarungan; lahat ng kaniyang mga
tagubilin ay maaasahan. 8 Pinatatag (sila) magpakailanman,
para masiyasat nang tapat at nang wasto. 9 Nagbigay
siya ng tagumpay sa kaniyang bayan; itinalaga niya ang
kaniyang tipan magpakailanman; banal at kahanga-hanga
ang kaniyang pangalan. 10 Ang parangalan si Yahweh ay
simula ng karunungan; ang mga gumagawa ng kaniyang
mga tagubilin ay mayroong mabuting pang-unawa. Ang
kaniyang kapurihan ay mananatili magpakailanman.

**112** Purihin si Yahweh. Mapalad ang tao na sumusunod
kay Yahweh, na siyang labis na nagagalak sa
kaniyang mga kautusan. 2 Ang kaniyang mga kaapu-apuhan
ay magiging makapangyarihan sa mundo; ang salinlahi ng
maka-diyos ay pagpapalain. 3 Kasaganaan at kayamanan
ay nasa kaniyang tahanan; ang kaniyang katuwiran ay
mananatili magpakailanman. 4 Nagliliwanag ang ilaw sa
kadiliman para sa maka-diyos; siya ay mapagbigay-loob,
maawain, at makatarungan. 5 Umaayos ang buhay ng
taong nakikitungo nang may kahabagan at nagpapahiram
ng salapi, ng nagsasagawa ng kaniyang mga gawain nang
may katapatan. 6 Dahil siya ay hindi kailanman matitinag;
ang matuwid ay maaalala magpakailanman. 7 Hindi siya

natatakot sa masamang balita; siya ay panatag at nagtitiwala kay Yahweh. **8** Mapayapa ang kaniyang puso, walang takot, hanggang siya ay magtagumpay laban sa kaniyang mga kaaway. **9** Bukas-palad siyang nagbibigay sa mga mahihirap; ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailanman; siya ay maitataas nang may karangalan. **10** Makikita ito ng masamang tao at magagalit; magngangalit ang kaniyang mga ngipin at matutunaw; ang pagnanais ng masasama ay mawawala.

**113** Purihin si Yahweh. Purihin siya, kayong mga lingkod ni Yahweh; purihin ang pangalan ni Yahweh. **2** Pagpalain ang pangalan ni Yahweh, ngayon at magpakailanman. **3** Mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog nito, ang pangalan ni Yahweh ay dapat papurihan. **4** Itataas sa lahat ng mga bansa si Yahweh, at umaabot hanggang kalangitan ang kaniyang kaluwalhatian. **5** Sino ang katulad ni Yahweh ang ating Diyos, na nakaupo sa kataas-taasan, **6** na nakatingin sa langit at sa lupa? **7** Ibinabangon niya ang mahihirap mula sa alabok at itinataas ang nangangailangan mula sa bunton ng abo, **8** para siya ay makaupo kasama ng mga prinsipe, mga prinsepe ng kaniyang bayan. **9** Binibigyan niya ng upuan ang babaeng baog na nasa bahay tulad ng isang masayahing ina ng mga anak. Purihin si Yahweh.

**114** Nang lumabas ang Israel sa Ehipto, ang sambahayan ni Jacob mula sa mga dayuhan na iyon, **2** ang Juda ang naging banal niyang lugar, ang Israel ang kaniyang kaharian. **3** Nakita ito ng dagat, at tumakas ito; umatras ang Jordan. **4** Ang mga bundok ay lumukso na parang mga tupa, ang mga burol ay lumukso na parang mga batang tupa. **5** Bakit ka tumakas, O dagat? Jordan, bakit ka tumakas? **6** Mga bundok, bakit kayo lumukso na parang mga tupa? Kayong maliliit na burol, bakit kayo lumukso na parang batang tupa? **7** Mayanig ka, O lupa, sa harap ng Panginoon, sa presensiya ng Diyos ni Jacob. **8** Ginawa niyang lawa ng tubig ang malaking bato, ginawa niyang bukal ng tubig ang matigas na bato.

**115** Huwag sa amin, O Yahweh, huwag sa amin, pero sa iyong pangalan maibigay ang karangalan, dahil sa iyong katapatan sa tipan. **2** Bakit sasabihin ng mga bansa, “Saan naroon ang kanilang Diyos?” **3** Ang aming Diyos ay nasa langit; ginagawa niya ang kaniyang maibigan. **4** Ang diyos-diyosan ng mga bansa' ay pilak at ginto, gawa sa mga kamay ng mga tao. **5** Silang mga diyos-diyosang ay may mga bibig, pero (sila) ay hindi nagsasalita; mayroon silang mga mata, pero hindi (sila) nakakakita; **6** mayroong silang mga tainga, pero hindi (sila) nakakarinig; mayroong silang mga ilong, pero hindi (sila) nakakaamoy; **7** Mayroon silang mga kamay, pero hindi (sila) nakakaramdam; mayroon silang mga paa, pero hindi (sila) nakakalakad; ni hindi nila magawang magsalita sa kanilang mga bibig. **8** Silang mga gumawa sa kanila ay tulad nila, gaya ng lahat ng nagtitiwala sa kanila. **9** O Israel, magtiwala kayo kay Yahweh; siya ang iyong saklolo at kalasag. **10** Ang tahanan ni Aaron, magtiwala kayo kay Yahweh; siya ang iyong saklolo at kalasag. **11** Kayong gumagalang kay Yahweh, magtiwala sa kaniya; siya ang iyong saklolo at kalasag. **12** Pinapansin at pagpapalain tayo ni Yahweh; kaniyang pagpapalain ang sambahayan ng Israel; kaniyang pagpapalain ang sambahayan ni Aaron. **13** Kaniyang pagpapalain ang nagpaparangal sa kaniya, kapwa bata at matanda. **14** Nawa palalaguin ni Yahweh ang inyong bilang ng higit pa, kayo at ang inyong mga kaapu-apuhan. **15** Pagpalain kayo ni Yahweh, na siyang gumawa ng langit at lupa. **16** Ang kalangitan ay kay Yahweh; pero ang lupa ay kaniyang ibinigay sa sangkatauhan. **17** Ang patay ay hindi magpupuri kay Yahweh, ni sinumang bumaba sa katahimikan; **18** Pero aming pagpapalain si Yahweh ngayon at magpakailanman. Purihin si Yahweh.

**116** Mahal ko si Yahweh dahil naririnig niya ang aking tinig at mga pakiusap para sa awa. **2** Dahil siya ay nakinig sa akin, ako ay tatawag sa kaniya habang ako ay nabubuhay. **3** Ang mga tali ng kamatayan ay pinaligiran ako, at ang mga patibong ng Sheol ay nasa harapan ko; aking nadama ang hapis at kalungkutan. **(Sheol h7585)** **4** Pagkatapos tumawag ako sa pangalan ni Yahweh: “Pakiusap O Yahweh, iligtas mo ang buhay ko.” **5** Maawain at makatarungan si Yahweh; ang ating Diyos ay mahabagin. **6** Pinagtatanggol ni Yahweh ang walang muwang; ako ay ibinaba, at kaniyang iniligtas. **7** Maaaring bumalik ang aking kaluluwa sa lugar ng kaniyang kapahingahan, dahil si Yahweh ay naging mabuti sa akin. **8** Dahil iniligtas mo ang buhay ko mula sa kamatayan, at ang mata ko mula sa mga luha, at ang mga paa ko mula sa pagkatisod. **9** Maglilingkod ako kay Yahweh sa lupain ng mga buhay. **10** Naniwala ako sa kaniya, kahit sinabi kong “Lubha akong nahirapan. **11** Padalos-dalos kong sinabing, “Lahat ng tao ay mga sinungaling.” **12** Paano ako makakabayad kay Yahweh sa lahat ng kabutihan niya sa akin? **13** Aking itataas ang saro ng kaligtasan, at tatawag ako sa pangalan ni Yahweh. **14** Aking tutuparin ang mga panata ko kay Yahweh sa harapan ng kaniyang buong bayan. **15** Mahalaga sa paningin ni Yahweh ang kamatayan ng kaniyang mga santo. **16** O Yahweh, tunay nga, ako ay iyong lingkod; ako ang iyong lingkod, na anak ng iyong lingkod na babae; iyong kinalag ang aking mga pagkakatali. **17** Aking iaalay sa iyo ang handog na pasasalamat at tatawag sa pangalan ni Yahweh. **18** Aking tutuparin ang mga panata ko kay Yahweh sa harapan ng kaniyang buong bayan, **19** sa

mga silid ng tahanan ni Yahweh, sa inyong kalagitnaan, sa
Jerusalem. Purihin si Yahweh.

**117** Purihin si Yahweh, lahat ng bansa; siya ay
parangalan, lahat ng mga tao. **2** Dahil ang
kanyang katapatan sa tipan ay dakila para sa atin, at
ang pagiging mapagkakatiwalaan ni Yahweh ay mananatili
magpakailanman. Purihin si Yahweh.

**118** Magpasalamat kay Yahweh, dahil siya ay mabuti, ang
kaniyang katapatan sa tipan ay magpakailanman. **2**
Hayaangm magsabi ang Israel, “Ang kaniyang katapatan sa
tipan ay mananatili magpakailanman. **3** Hayaang magsabi
ang sambahayan ni Aaron, “Ang kaniyang katapatan sa
tipan ay mananatili magpakailanman. **4** Hayaang magsabi
ang mga matapat na tagasunod ni Yahaweh, “Ang kaniyang
katapatan sa tipan ay manananatili magpakailanman.” **5** Sa
aking pagdurusa ay tumawag ako kay Yahweh; sinagot ako
ni Yahweh at pinalaya ako. **6** Si Yahweh ay kasama ko;
hindi ako matatakot; anong magagawa ng tao sa akin? **7** Si
Yahweh ay katulong ko sa aking panig: kaya nakikita ang
tagumpay ko sa kanila na napopoot sa akin. **8** Mas mabuting
kumanlong kay Yahweh kaysa magtiwala sa tao. **9** Mas
mabuting magkubli kay Yahweh kaysa magtiwala sa mga
tao. **10** Nakapalibot sakin ang buong bansa; sa pangalan ni
Yahweh ay pinutol ko (sila) **11** Ako ay pinalilibutan nila; oo,
ako ay pinalilibutan nila; sa pangalan ni Yahweh ay pinutol
ko (sila) **12** Ako ay pinalibutan nila na parang mga bubuyog;
(sila) ay mabilis na naglaho na parang apoy sa gitna ng mga
tinik; sa pangalan ni Yahweh ay pinutol ko (sila) **13** Nilusob
nila ako para patumbahin, pero tinulungan ako ni Yahweh. **14**
Kalakasan at kagalakan ko si Yahweh, at siya ang nagligtas
sa akin. **15** Ang sigaw ng kagalakan ng tagumpay ay narinig
sa mga tolda ng matuwid; ang kanang kamay ni Yahweh ay
nananakop. **16** Ang kanang kamay ni Yahweh ay itinaas;
ang kanang kamay ni Yahweh ay nananakop. **17** Hindi ako
mamamatay, pero mabubuhay at magpapahayag ako ng
mga gawa ni Yahweh. **18** Pinarusahan ako ng malupit ni
Yahweh; pero hindi niya ako inilagay sa kamatayan. **19**
Buksan para sa akin ang mga tarangkahan ng katuwiran;
papasok ako sa kanila at magpapasalamat kay Yahweh.
**20** Ito ang tarangkahan ni Yahweh; ang mga matuwid ay
papasok dito. **21** Ako ay magpapasalamat sa iyo dahil
sinagot mo ako, at ikaw ang naging kaligtasan ko. **22** Ang
bato na tinanggihan ng mga nagtayo ay naging panulukang
bato. **23** Ito ay gawa ni Yahweh; kagila-gilalas ito sa harap ng
ating mga mata. **24** Ito ang araw na kumilos si Yahweh; tayo
ay magalak at magsaya. **25** Pakiusap, O Yahweh, bigyan mo
kami ng tagumpay! Pakiusap, O Yahweh, bigyan mo kami ng
tagumpay! **26** Pagpapalain siyang dumarating sa pangalan ni
Yahweh; pinagpapala ka namin mula sa tahanan ni Yahweh.
**27** Si Yahweh ay Diyos, at binigyan niya kami ng liwanag;
itali ninyo ang handog ng mga panali sa mga sungay ng
altar. **28** Ikaw ang aking Diyos, at magpapasalamat ako
sa iyo; ikaw ang aking Diyos, ikaw ang aking itataas. **29**
O, magpasalamat kay Yahweh; dahil siya ay mabuti; ang
kaniyang katapatan sa tipan ay mananatili magpakailanman.

**119** Mapalad silang malinis ang mga kaparaanan, silang
lumalakad ayon sa batas ni Yahweh. **2** Mapalad
silang pinapanatili ang kaniyang banal na mga kautusan,
silang buong pusong naghahanap sa kaniya. **3** Wala silang
ginagawang kamalian; lumalakad (sila) sa kaniyang mga
kaparaanan. **4** Inutusan mo kaming ingatan ang iyong mga
tagubilin para masunod namin ito nang mabuti. **5** O, tatatag
ako sa pagsunod sa iyong mga alituntunin! **6** Pagkatapos,
hindi ako malalagay sa kahihiyan kapag iniisip ko ang lahat
ng iyong mga kautusan. **7** Taos-puso akong magpapasalamat
sa iyo kapag ang matuwid mong mga utos ay natutunan ko.
**8** Susundin ko ang iyong mga alituntunin; huwag mo akong
iwanang nag-iisa. BETH **9** Paano pananatilihing dalisay ng
isang kabataan ang kaniyang landas? Sa pamamagitan ng
pagsunod sa iyong salita. **10** Busong puso kitang hahanapin;
huwag mo akong hayaang malihis mula sa iyong mga
kautusan. **11** Iningatan ko ang iyong salita sa aking puso para
hindi ako magkasala laban sa iyo. **12** Purihin ka, O Yahweh;
ituro mo sa akin ang iyong mga alituntunin. **13** Ipinahayag ng
aking bibig ang lahat nang matuwid na utos na ipinakita mo.
**14** Nagagalak ako sa paglakad sa mga utos mo sa tipan higit
pa sa lahat ng kayamanan. **15** Pagninilayan ko ang iyong
mga tagubilin at bibigyang-pansin ang mga kaparaanan
mo. **16** Nasisiyahan ako sa iyong mga alituntunin; salita mo
ay hindi ko kalilimutan. GIMEL. **17** Maging mabuti ka sa
iyong lingkod para mabuhay ako at mapanatili ang iyong
salita. **18** Buksan mo ang aking mga mata para makita ko sa
batas mo ang mga kahanga-hangang bagay. **19** Isa akong
dayuhan sa lupain, huwag mong itago ang mga kautusan
mo sa akin. **20** Dinudurog ang mga nasa ko ng pananabik
na malaman ang matuwid mong mga utos sa lahat ng oras.
**21** Itinutuwid mo ang mga mapagmataas, ang mga isinumpa
at ang mga naligaw mula sa iyong mga kautusan. **22** Ilayo
mo ako mula sa kahihiyan at panghahamak dahil sinunod ko
ang mga utos mo sa tipan. **23** Kahit na pinagpaplanuhan ako
ng masama at sinisiraan ng mga namumuno, pinag-iisipan
nang mabuti ng lingkod mo ang iyong mga alituntunin. **24**
Ang mga utos mo sa tipan ang kasiyahan ko, at ito ang
aking mga tagapayo. DALETH **25** Nakakapit sa alabok ang
buhay ko! Bigyan mo ako ng buhay sa pamamagitan ng
salita mo. **26** Sinabi ko sa iyo ang aking mga kaparaanan at
tinugon mo ako; ituro mo sa akin ang iyong mga alituntunin.

**27** Ipaunawa mo sa akin ang mga kaparaanan ng mga
tagubilin mo, para mapag-isipan ko nang mabuti ang mga
kamangha-manghang katuruan mo. **28** Tinabunan ako ng
kalungkutan! Palakasin mo ako sa pamamagitan ng iyong
salita. **29** Ilayo mo ako sa landas ng pandaraya; magiliw
mong ituro sa akin ang iyong batas. **30** Pinili ko ang landas
ng katapatan; lagi kong ginagawa ang matuwid mong mga
utos. **31** Kumakapit ako sa mga utos mo sa tipan; huwag
mo akong hayaang mapahiya, Yahweh. **32** Tatakbo ako
sa landas ng mga kautusan mo dahil pinataba mo ang
aking puso na gawin ito. HE. **33** Ituro mo, Yahweh, ang
pamamaraan ng iyong mga alituntunin, at iingatan ko ang
mga ito hanggang sa katapusan. **34** Bigyan mo ako ng pang-
unawa at iingatan ko ang iyong utos; buong puso ko itong
susundin. **35** Gabayan mo ako sa landas ng mga kautusan
mo dahil nasisiyahan akong lumakad dito. **36** Akayin mo ang
aking puso sa iyong tipan at ilayo mula sa mga bagay na
hindi makatuwiran. **37** Ibaling mo ang aking mga mata mula
sa pagtingin sa mga bagay na walang halaga; pasiglahin mo
ako sa mga kaparaanan mo. **38** Tuparin mo alang-alang
sa iyong lingkod ang mga pangakong ginawa mo para sa
mga nagpaparangal sa iyo. **39** Alisin mo sa akin ang mga
panlalait na kinatatakutan ko, dahil mabuti ang matuwid
mong paghatol. **40** Tingnan mo, nananabik ako para sa
iyong tagubilin; panatilihin mo akong buhay sa pamamagitan
ng iyong matuwid na pagpapalaya. VAV. **41** Iparanas mo
sa akin, Yahweh, ang pag-ibig mong hindi nagmamaliw—
ang kaligtasan mo ayon sa iyong pangako; **42** para may
itutugon ako sa mga nangungutya sa akin, dahil nagtitiwala
ako sa iyong salita. **43** Huwag mong alisin sa aking bibig ang
salita ng katotohanan, dahil naghintay ako para sa matuwid
mong mga utos. **44** Patuloy kong susundin ang iyong batas
magpakailanpaman. **45** Maglalakad ako nang ligtas, dahil
hinahanap ko ang iyong mga tagubilin. **46** Magsasalita ako
tungkol sa mga banal mong utos sa harap ng mga hari at
hindi mahihiya. **47** Nasisiyahan ako sa iyong mga kautusan,
na lubos kong minamahal. **48** Itataas ko ang aking mga
kamay sa iyong mga kautusan, na aking minamahal. Pag-
iisipan kong mabuti ang iyong mga alituntunin. ZAYIN. **49**
Alalahanin mo ang mga ipinangako mo sa iyong lingkod
dahil binigyan mo ako ng pag-asa. **50** Ito ang kaaliwan ko sa
aking paghihirap: na pinapanatili akong buhay ng pangako
mo. **51** Hinahamak ako ng mga mapagmalaki, pero hindi
ako tumalikod sa iyong batas. **52** Inisip ko ang tungkol sa
mga matuwid mong utos noong unang panahon, Yahweh, at
inaaliw ko ang aking sarili. **53** Napuno ako ng matinding galit
dahil sa mga masasama na hindi sumusunod sa iyong batas.
**54** Ang mga alituntunin mo ang naging mga awit ko sa bahay
na pansamantala kong tinitirhan. **55** Iniisip ko ang pangalan
mo sa gabi, Yahweh, at iniingatan ang iyong batas. **56** Ito
ang naging gawain ko dahil sinunod ko ang mga tagubilin
mo. HETH. **57** Si Yahweh ang kabahagi ko; napagpasiyahan
kong sundin ang kaniyang mga salita. **58** Buong puso kong
hinihiling ang iyong kagandahang-loob; maging mahabagin
ka sa akin gaya ng pinangako ng iyong salita. **59** Siniyasat
ko ang aking mga pamumuhay at binaling ko ang aking mga
paa sa iyong mga utos. **60** Nagmamamadali ako at hindi
ipinagpaliban ang pagsunod sa iyong mga kautusan. **61**
Nabitag ako ng lubid ng masasama; hindi ko kinalimutan
ang iyong batas. **62** Bumabangon ako nang hatinggabi para
magpasalamat sa iyo dahil sa matuwid mong mga utos. **63**
Kasamahan ako ng lahat ng mga nagpaparangal sa iyo,
ng lahat ng mga sumusunod sa mga tagubilin mo. **64** Ang
mundo, Yahweh, ay puno ng katapatan mo sa tipan; ituro
mo sa akin ang iyong mga alituntunin. TETH **65** Gumawa ka
ng kabutihan sa iyong lingkod, Yahweh, sa pamamagitan
ng iyong salita. **66** Turuan mo ako ng tamang pagpapasya
at pang-unawa, dahil naniniwala ako sa mga kautusan
mo. **67** Bago ako nasaktan, naligaw ako, pero ngayon,
sumusunod ako sa salita mo. **68** Mabuti ka at ikaw lang
ang siyang gumagawa ng kabutihan; ituro mo sa akin ang
iyong alituntunin. **69** Siniraan ako sa mga kasinungalingan
ng mayayabang, pero buong puso kong pinapanatili ang
mga tagubilin mo. **70** Tumigas ang kanilang mga puso, pero
nasisiyahan ako sa batas mo. **71** Nakabubuti para sa akin
na naghirap ako para matutunan ko ang mga alituntunin
mo. **72** Mas mahalaga ang mga tagubilin mula sa iyong
bibig kaysa sa libo-libong piraso ng ginto at pilak. YOD **73**
Ang mga kamay mo ang gumawa at humubog sa akin;
bigyan mo ako ng pang-unawa para matutunan ko ang mga
kautusan mo. **74** Matutuwa ang mga nagpaparangal sa iyo
kapag nakikita nila ako dahil nakatagpo ako ng pag-asa sa
iyong salita. **75** Alam ko, Yahweh, na makatarungan ang
mga utos mo, at sa katapatang ito, pinahirapan mo ako. **76**
Hayaan mong aliwin ako ng katapatan mo sa tipan gaya ng
ipinangako mo sa iyong lingkod. **77** Kahabagan mo ako para
mabuhay ako, dahil ang batas mo ang kasiyahan ko. **78**
Hayaan mong malagay sa kahihiyan ang mga mapagmalaki,
dahil siniraan nila ako; pero magninilay ako sa mga tagubilin
mo. **79** Nawa bumalik sa akin ang mga nagpaparangal sa
iyo, silang mga nakakaalam ng mga utos mo sa tipan. **80**
Maging malinis nawa ang aking puso na may paggalang sa
mga alituntunin mo para hindi ako malagay sa kahihiyan.
KAPH. **81** Nanghihina ako nang may pananabik na ako ay
iyong sagipin! Umaasa ako sa iyong salita! **82** Nananabik
ang aking mga mata na makita ang iyong pinangako;
kailan mo kaya ako aaliwin? **83** Dahil naging tulad ako ng
pinauusukang sisidlan ng alak; hindi ko kinakalimutan ang

iyong mga alituntunin. 84 Gaano katagal ito pagtitiisan ng
iyong lingkod; kailan mo hahatulan ang mga umuusig sa
akin? 85 Naghukay ng malalim ang mga mapagmalaki para
sa akin, na nilalabag ang iyong batas. 86 Lahat ng mga
kautusan mo ay maaasahan; inuusig ako ng mga tao nang
may kamalian; tulungan mo ako. 87 Halos tapusin nila ang
buhay ko sa mundo, pero hindi ko itinakwil ang mga tagubilin
mo. 88 Panatilihin mo akong buhay gaya ng ipinangako ng
katapatan mo sa tipan, para maingatan ko ang sinabi mo sa
mga utos mo sa tipan. LAMEDH. 89 Mananatili ang salita
mo, Yahweh, magpakailanman; matatag ang salita mo sa
kalangitan. 90 Mananatili ang katapatan mo sa lahat ng
salinlahi; itinatag mo ang mundo, at ito ay mananatili. 91
Nagpapatuloy hanggang ngayon ang lahat ng mga bagay,
gaya ng sinabi mo sa matuwid mong mga utos, dahil mga
lingkod mo ang lahat ng mga bagay. 92 Kung hindi ko
naging kasiyahan ang iyong batas, namatay na sana ako
sa aking paghihirap. 93 Hindi ko kailanman makakalimutan
ang mga tagubilin mo, dahil sa pamamagitan nito, pinanatili
mo akong buhay. 94 Ako ay sa iyo; iligtas mo ako, dahil
hinahanap ko ang mga tagubilin mo. 95 Ang mga masasama
ay naghahanda para ako ay sirain, pero uunawain ko ang
mga utos mo sa tipan. 96 Nakita ko na may hangganan
ang lahat ng bagay, pero malawak ang iyong mga kautusan
at walang hangganan. MEM. 97 O iniibig ko ang iyong
batas! Ito ang pinagninilayan ko buong araw. 98 Higit akong
pinatatalino ng mga kautusan mo kaysa sa mga kaaway ko,
dahil lagi kong kasama ang mga kautusan mo. 99 Mayroon
akong higit na pang-unawa kaysa sa lahat ng aking mga
guro, dahil pinagninilayan ko ang mga utos mo sa tipan.
100 Higit akong nakauunawa kaysa sa mga nakatatanda sa
akin; dahil ito sa pagsunod ko sa iyong mga tagubilin. 101
Tumalikod ako mula sa landas ng kasamaan para masunod
ko ang salita mo. 102 Hindi ako tumalikod mula sa matuwid
mong mga utos dahil tinuruan mo ako. 103 Napakatamis
sa aking panlasa ang iyong mga salita, oo, mas matamis
kaysa sa pulot sa aking bibig! 104 Sa pamamagitan ng mga
tagubilin mo, natamo ko ang tamang pagpapasiya; kaya
nga kinapopootan ko ang bawat maling paraan. NUN. 105
Ang salita mo ay ilawan ng aking mga paa at liwanag para
sa aking landas. 106 Nangako ako at pinagtibay ko ito, na
susundin ko ang mga utos mo. 107 Labis akong nasasaktan;
panatilihin mo akong buhay, Yahweh, gaya ng ipinangako
mo sa iyong salita. 108 Pakiusap, tanggapin mo Yahweh ang
kusang-loob na mga alay ng aking bibig, at ituro mo sa akin
ang matuwid mong mga utos. 109 Nasa kamay ko palagi ang
aking buhay, pero hindi ko kinalilimutan ang iyong batas. 110
Naglagay ng patibong para sa akin ang mga masasama,
pero hindi ako naligaw mula sa mga tagubilin mo. 111
Inaangkin ko ang mga utos mo sa tipan bilang aking mana
magpakailanman, dahil ito ang kagalakan ng aking puso. 112
Nakalaan ang aking puso sa pagsunod sa mga alituntunin
mo magpakailanman hanggang sa wakas. SAMEKH. 113
Galit ako sa mga walang paninindigan, pero mahal ko
ang iyong batas. 114 Ikaw ang aking kublihan at kalasag;
naghihintay ako para sa iyong salita. 115 Lumayo kayo sa
akin, kayong mga gumagawa ng masama, para masunod
ko ang mga kautusan ng aking Diyos. 116 Palakasin mo
ako sa pamamagitan ng iyong salita para mabuhay ako
at hindi mapahiya sa aking inaasahan. 117 Tulungan mo
ako at magiging ligtas ako; lagi kong pinagninilayan ang
mga alituntunin mo. 118 Itinatakwil mo ang lahat ng mga
nalilihis mula sa iyong mga alituntunin, dahil mapanlinlang
at hindi maaasahan ang mga taong iyon. 119 Inaalis mo
ang lahat ng masasama sa mundo katulad ng dumi; kaya
nga, minamahal ko ang banal mong mga kautusan. 120
Nanginginig ang aking katawan sa takot sa iyo, at natatakot
ako sa matuwid mong mga utos. AYIN. 121 Ginagawa ko
kung ano ang makatarungan at matuwid; huwag mo akong
iwanan sa mga nang-aapi sa akin. 122 Siguraduhin mo
ang kapakanan ng iyong lingkod, huwag mong hayaang
apihin ako ng mga mapagmalaki. 123 Napapagal ang aking
mga mata sa paghihintay para sa iyong kaligtasan at sa
matuwid mong salita. 124 Ipakita mo sa iyong lingkod ang
katapatan mo sa tipan, at ituro mo sa akin ang iyong mga
alituntunin. 125 Ako ay iyong lingkod; bigyan mo ako ng
pang-unawa para malaman ko ang mga utos mo sa tipan.
126 Oras na para kumilos si Yahweh, dahil nilalabag ng mga
tao ang iyong batas. 127 Tunay ngang minamahal ko ang
iyong mga kautusan higit sa ginto, higit sa purong ginto. 128
Kaya nga, sumusunod ako nang mabuti sa lahat ng mga
tagubilin mo, at napopoot ako sa bawat landas ng kamalian.
PE. 129 Kahanga-hanga ang mga patakaran mo, kaya nga
sinusunod ko ang mga ito. 130 Ang paglalahad ng mga salita
mo ay nagbibigay ng liwanag; nagbibigay ito ng pang-unawa
sa mga hindi naturuan. 131 Binubuksan ko ang aking bibig at
humihingal dahil nananabik ako para sa mga kautusan mo.
132 Humarap ka sa akin at mahabag, gaya ng lagi mong
ginagawa para sa mga nagmamahal sa iyong pangalan. 133
Akayin mo ang aking mga yapak sa pamamagitan ng iyong
salita; huwag mong hayaang pamunuan ako ng kahit anong
kasalanan. 134 Tubusin mo ako mula sa pang-aapi ng mga
tao para masunod ko ang mga tagubilin mo. 135 Hayaan
mong magliwanag ang iyong mukha sa iyong lingkod, at ituro
mo sa akin ang iyong mga alituntunin. 136 Napakaraming
mga luha ang umaagos mula sa aking mga mata dahil
hindi sinusunod ng mga tao ang iyong batas. TSADHE. 137
Matuwid ka, Yahweh, at makatarungan ang mga utos mo.

138 Matuwid at matapat mong ibinigay ang mga utos mo sa
tipan. 139 Winasak ako ng galit dahil kinakalimutan ng mga
kalaban ko ang mga salita mo. 140 Labis nang nasubok
ang iyong salita, at iniibig ito ng iyong lingkod. 141 Ako ay
walang halaga at inalipusta, pero hindi ko pa rin kinalilimutan
ang mga tagubilin mo. 142 Ang katarungan mo ay matuwid
magpakailanman, at ang batas mo ay mapagkakatiwalaan.
143 Kahit na natagpuan ako ng bagabag at paghihirap, ang
kautusan mo pa rin ang aking kasiyahan. 144 Ang mga utos
mo sa tipan ay matuwid magpakailanman; bigyan mo ako ng
pang-unawa para ako ay mabuhay. QOPH. 145 Nanawagan
ako ng buong puso, "Sagutin mo ako, Yahweh, iingatan
ko ang mga alituntunin mo. 146 Tumatawag ako sa iyo;
iligtas mo ako, at susundin ko ang mga utos mo sa tipan.
147 Bumabangon ako bago sumikat ang araw at humihingi
ng tulong. Umaasa ako sa mga salita mo. 148 Mulat ang
aking mga mata bago magpalit ng mga yugto ang gabi,
para mapagnilayan ko ang mga salita mo. 149 Dinggin mo
ang aking tinig sa katapatan mo sa tipan; panatilihin mo
akong buhay, Yahweh, gaya ng ipinangako mo sa matuwid
mong mga utos. 150 Papalapit nang papalapit sa akin ang
mga umuusig sa akin, pero malayo (sila) sa iyong batas.
151 Ikaw ay malapit, Yahweh, at lahat ng mga kautusan
mo ay mapagkakatiwalaan. 152 Natutunan ko noon mula
sa mga utos mo sa tipan na itinakda mo ang mga ito
magpakailanman. RESH 153 Tingnan mo ang aking mga
paghihirap at tulungan mo ako, dahil hindi ko kinalilimutan
ang batas mo. 154 Ipagtanggol mo ang aking kapakanan
at tubusin ako; ingatan mo ako gaya ng ipinangako mo sa
iyong salita. 155 Malayo ang kaligtasan mula sa masasama,
dahil hindi nila minamahal ang iyong alituntunin. 156 Dakila
ang iyong mahabaging mga gawa, Yahweh; panatilihin mo
akong buhay gaya ng lagi mong ginagawa. 157 Marami
ang aking mga taga-usig at kaaway, pero hindi pa rin ako
tumalikod sa mga utos mo sa tipan. 158 Tinitingnan ko
ng may pagkasuklam ang mga mandaraya dahil hindi nila
sinusunod ang iyong salita. 159 Tingnan mo kung gaano
ko minamahal ang mga tagubilin mo; panatilihin mo akong
buhay, Yahweh, gaya ng ipinangako mo sa pamamagitan
ng katapatan mo sa tipan. 160 Ang diwa ng iyong salita
ay mapagkakatiwalaan; bawat isa sa mga utos mo ay
mananatili magpakailanman. SHIN. 161 Inuusig ako ng mga
prinsipe ng walang dahilan; nanginginig ang aking puso,
takot na suwayin ang iyong salita. 162 Nagagalak ako sa
iyong salita tulad ng nakahanap ng malaking gantimpala. 163
Kinapopootan ko at kinasusuklaman ang kasinungalingan,
pero minamahal ko ang iyong batas. 164 Pitong beses sa
isang araw kitang pinupuri dahil sa matuwid mong mga
utos. 165 Malaking kapayapaan ang nakakamtan ng mga
nagmamahal sa batas mo, walang makatitisod sa kanila.
166 Naghihintay ako para sa iyong kaligtasan, Yahweh, at
sinusunod ko ang iyong mga kautusan. 167 Sinusunod ko
ang mga banal mong kautusan at labis ko itong minamahal.
168 Iniingatan ko ang mga tagubilin mo at banal na kautusan,
dahil alam mo ang lahat ng ginagawa ko. TAV. 169 Pakinggan
mo ang aking iyak ng paghingi ng tulong, Yahweh; bigyan
mo ako ng pang-unawa sa iyong salita. 170 Makarating nawa
ang aking pagsamo sa harap mo; tulungan mo ako gaya
ng ipinangako mo sa iyong salita. 171 Nawa ay magbuhos
ng papuri ang aking mga labi, dahil itinuro mo sa akin ang
alituntunin mo. 172 Hayaang mong umawit ang aking dila
tungkol sa iyong salita, dahil matuwid lahat ng mga kautusan
mo. 173 Nawa tulungan ako ng iyong kamay, dahil pinili ko
ang mga tagubilin mo. 174 Nananabik ako para sa pagliligtas
mo, Yahweh, at ang batas mo ang aking kasiyahan. 175
Nawa mabuhay ako at mapapurihan ka, at matulungan
ako ng matuwid mong mga utos. 176 Naligaw ako tulad ng
nawalang tupa; hanapin mo ang iyong lingkod, dahil hindi ko
kinalimutan ang mga kautusan mo.

**120** Sa aking kahirapan tumawag ako kay Yahweh, at
sinagot niya ako. 2 Iligtas mo ang aking buhay,
O Yahweh, mula sa mga sinungaling na labi at mula sa
mandarayang dila. 3 Paano ka niya parurusahan, at ano
pa ang magagawa sa iyo, ikaw na may sinungaling na
dila? 4 Papanain ka niya ng matalim na mga pana ng
mandirigma, kung saan hinulma sa mainit na mga uling ng
puno ng tambo. 5 Kaawaan ako dahil pansamantala akong
naninirahan sa Mesech; nanirahan ako dati sa mga tolda ng
Kedar. 6 Matagal akong nanirahan kasama silang napopoot
sa kapayapaan. 7 Ako ay para sa kapayapaan, pero kapag
ako ay nagsasalita, (sila) ay para sa digmaan.

**121** Itataas ko ang aking mga mata sa mga bundok.
Mula saan manggagaling ang aking saklolo? 2 Ang
saklolo sa akin ay nanggagaling kay Yahweh, na gumawa
ng langit at lupa. 3 Hindi niya papayagang madulas ang
paa mo; siya na nag-iingat sa iyo ay hindi iidlip. 4 Tingnan
mo, ang tagapangalaga ng Israel ay hindi kailanman iidlip o
matutulog. 5 Tagapangalaga ninyo si Yahweh; si Yahweh
ay lilim sa inyong kanang kamay. 6 Hindi ka masasaktan
ng araw sa umaga, ni ng buwan sa gabi. 7 Iingatan ka ni
Yahweh sa lahat ng kapahamakan, at iingatan niya ang iyong
buhay. 8 Iingatan ni Yahweh ang lahat ng iyong ginagawa
ngayon at magpakailanman.

**122** Ako ay nagalak nang kanilang sabihin sa akin,
"Tayong pumunta sa tahanan ni Yahweh." 2 Ang
mga paa natin ay nakatayo sa loob ng iyong tarangkahan,
O Jerusalem. 3 Ang Jerusalem ay itinayo tulad ng isang

lungsod na matatag. 4 Ang mga angkan ni Yahweh ay
umakyat doon, ang mga angkan ni Yahweh, bilang isang
batas para sa Israel para magbigay pasasalamat sa pangalan
ni Yahweh. 5 Doon ang mga pinuno ay nakaupo sa mga
trono para sa hatol ng sambahayan ni David. 6 Manalangin
para sa kapayapaan ng Jerusalem! (Sila) ay giginhawa na
nagmamahal sa inyo. 7 Magkaroon nawa ng kapayapaan sa
loob ng inyong mga pader at kaginhawahan sa inyong mga
tore. 8 Para sa mga kapakanan ng aking mga kapatid at
kasamahan, sasabihin ko ngayon, "Magkaroon nawa ng
kapayapaan sa inyo." 9 Para sa kapakanan ng tahanan ni
Yahweh na ating Diyos, mananalangin ako para sa inyong
ikabubuti.

**123** Sa iyo ko itataas ang aking mga mata, ikaw na
nakaupo sa kalangitan. 2 Tingnan mo, kung paanong
tumitingin ang mga mata ng mga alipin sa kamay ng kanilang
amo, kung paanong tumitingin ang mga mata ng isang
alilang babae sa kamay ng kaniyang among babae, gayundin
ang pagtingin ng aming mga mata kay Yahweh na aming
Diyos hanggang siya ay magkaroon ng awa sa amin. 3
Maawa ka sa amin, O Yahweh, maawa ka sa amin, dahil
kami ay puno ng kahihiyan. 4 Kami ay higit na punong-puno
ng pangungutya ng mga walang-galang at paghamak ng
mapagmalaki.

**124** "Kung wala si Yahweh sa ating panig," hayaang
sabihin ng Israel ngayon, 2 "kung hindi si Yahweh
ang nasa ating panig nang lumusob ang mga tao laban sa
atin, 3 tiyak lalamunin nila tayo ng buhay nang sumiklab ang
kanilang matinding galit laban sa atin. 4 Tatangayin tayo
ng tubig; lalamunin tayo ng malakas na agos ng tubig. 5
Pagkatapos lulunurin tayo ng rumaragasang tubig." 6 Purihin
si Yahweh, siyang hindi nagpahintulot na magutay-gutay tayo
sa pamamagitan ng kanilang mga ngipin. 7 Nakatakas tayo
tulad ng isang ibon mula sa patibong ng mga manghuhuli;
ang patibong ay nasira at tayo ay nakatakas. 8 Ang ating
saklolo ay na kay Yahweh, na siyang gumawa ng langit at
lupa.

**125** Silang mga nagtitiwala kay Yahweh ay tulad ng
bundok ng Sion, hindi matitinag, at mananatili
magpakailanman. 2 Gaya ng mga bundok na nakapalibot sa
Jerusalem, gayundin nakapalibot si Yahweh sa kaniyang
bayan ngayon at magpakailanman. 3 Ang setro ng kasamaan
ay hindi dapat mamuno sa lupain ng mga matutuwid. Kung
hindi, ang mga matutuwid ay maaring gawin kung ano ang
mali. 4 Yahweh, gumawa ka ng mabuti, sa kanilang mga
mabuti at sa mga matuwid sa kanilang mga puso. 5 Pero
para naman sa kanilang mga lumilihis para sa kanilang
masasamang pamamaraan, itataboy (sila) ni Yahweh kasama
ang mga gumagawa ng masasama. Kapayapaan nawa ang
makamtan ng Israel.

**126** Nang ibinalik ni Yahweh ang magandang kapalaran
sa Sion, tulad kami nilang mga nananaginip. 2
Pagkatapos napuno ang aming mga bibig ng tawanan at
ang aming mga dila ng may awitan. Pagkatapos sinabi nila
sa mga bansa. "Si Yahweh ay gumawa ng mga dakilang
bagay para sa kanila." 3 Gumawa si Yahweh ng dakilang
bagay para sa atin; labis kaming nagalak! 4 Yahweh, ibalik
mo ang aming kayamanan tulad ng batis sa Negeb. 5 Silang
mga naghahasik ng mga luha ay mag-aani ng sigaw para sa
kagalakan. 6 Siyang umiiyak na lumabas, dala-dala ang
binhing ihahasik, babalik muli nang may sigaw ng kagalakan,
dala-dala ang kaniyang mga bungkos.

**127** Maliban na lang kung si Yahweh ang magtatayo ng
bahay, walang saysay ang trabaho ng mga nagtayo
nito. Maliban na lang na si Yahweh ang magbabantay
ng lungsod, walang saysay ang pagbabantay ng mga
tagapagbantay nito. 2 Walang saysay na ikaw ay gumising
ng maaga at umuwi nang gabing-gabi, o kainin ang tinapay
na pinaghirapan, dahil si Yahweh ang nagbibigay ng
pinakaaasam na tulog. 3 Masdan mo, ang mga bata ay isang
pamana mula kay Yahweh at ang bunga ng sinapupunan ay
isang gantimpala mula sa kaniya. 4 Tulad ng mga palaso sa
kamay ng isang mandirigma, gayundin ang mga anak ng
iyong kabataan. 5 Mapalad ang taong puno ang kaniyang
talangga ng palaso. Hindi siya malalagay sa kahihiyan kapag
hinarap niya ang kaniyang mga kaaway sa tarangkahan.

**128** Mapalad ang lahat ng nagpaparangal kay Yahweh,
siyang lumalakad sa kaniyang kaparaanan. 2 Kung
ano ang ibinigay ng iyong mga kamay, ikaw ay masisiyahan;
ikaw ay pagpapalain at mananagana. 3 Ang iyong asawang
babae ay tulad ng mabungang ubasan sa iyong tahanan; at
ang iyong mga anak ay magiging tulad ng tanim ng olibo
habang (sila) ay nakaupo sa palibot sa iyong lamesa. 4 Oo,
tunay nga, ang tao ay pagpapalain, siyang nagpaparangal
kay Yahweh. 5 Nawa pagpalain ka ni Yahweh mula sa Sion;
nawa makita mo ang kasaganahan ng Jerusalem sa lahat ng
araw ng iyong buhay. 6 Nawa mabuhay ka para makita ang
anak ng iyong mga anak. Kapayapaan nawa ang makamtan
ng Israel.

**129** "Mula pa ng aking kabataan madalas akong lusubin
nila," hayaang sabihin ng Israel. 2 "Mula pa ng aking
kabataan, nilusob nila ako, pero hindi nila ako natalo. 3
Inararo ng mga mang-aararo ang aking likuran; gumawa
(sila) ng mahabang ukit na daan. 4 Si Yahweh ay matuwid,

pinutol niya ang mga lubid ng masama.” **5** Nawa malagay
silang lahat sa kahihiyan at tumalikod silang mga napopoot
sa Sion. **6** Nawa maging tulad (sila) ng mga damo na nasa
bubungan na nalalanta bago pa ito lumago, **7** na hindi na
maaaring punuin ang kamay ng manggagapas o ang dibdib
nilang nagtatali ng mga bungkos. **8** Nawa huwag sabihin
ng mga dumadaan, “Nawa ang pagpapala ni Yahweh ay
sumainyo; pinagpapala namin kayo sa pangalan ni Yahweh.”

**130** Yahweh, mula sa kailaliman ako ay umiiyak sa
iyo. **2** Panginoon, pakinggan mo ang aking boses;
hayaan ang iyong mga tainga na tumuon sa aking mga
pagsusumamo ng iyong awa. **3** Yahweh, kung tatandaan mo
ang mga kasamaan, Panginoon, sino ang makatatagal? **4**
Pero mayroong kapatawaran sa iyo, para ikaw ay sambahin.
**5** Naghihintay ako para kay Yahweh, naghihintay ang aking
kaluluwa, at sa kaniyang salita ako ay umaasa. **6** Naghihintay
ang aking kaluluwa para sa Panginoon ng higit kaysa sa
tagabantay na naghihintay na mag-umaga. **7** O Israel,
umasa ka kay Yahweh. Si Yahweh ay maawain, at siya ay
labis na nagnanais magpatawad. **8** Siya ang tutubos sa
Israel mula sa lahat ng kanilang mga kasalanan.

**131** Yahweh, ang aking puso ay hindi nagmamalaki o
aking mga mata ay hindi nagmamataas, wala akong
matataas na pangarap para sa aking sarili o pag-aalala sa
mga bagay na hindi ko naaabot. **2** Tunay nga na pinanatili ko
at pinatahimik ang aking kaluluwa; tulad ng batang nawalay
na sa kaniyang ina, ang aking kaluluwa ay nasa loob ko
tulad ng isang batang nawalay na. **3** Israel, umasa ka kay
Yahweh ngayon at magpakailanman.

**132** Yahweh, para sa kapakanan ni David alalahanin
mo ang lahat ng kaniyang paghihirap. **2** Alalahanin
mo kung paano siya nangako kay Yahweh, paano siya
namanata sa Makapangyarihang Diyos ni Jacob. **3** Sinabi
niya, “Hindi ako papasok sa aking bahay o pupunta sa aking
higaan, **4** hindi ko bibigyan ng tulog ang aking mga mata
o pagpapahingahin ang aking mga talukap **5** hanggang
mahanap ko ang lugar para kay Yahweh, isang tabernakulo
para sa Makapangyarihang Diyos ni Jacob.” **6** Tingnan mo,
narinig namin ang tungkol dito sa Efrata; natagpuan namin
ito sa bukirin ng Jaar. **7** Pupunta kami sa tabernakulo ng
Diyos; sasamba kami sa kaniyang tuntungan. **8** Bumangon
ka Yahweh; pumunta ka sa lugar ng iyong kapahingahan. **9**
Nawa ang iyong mga pari ay madamitan ng katapatan; nawa
ang siyang tapat sa iyo ay sumigaw para sa kagalakan. **10**
Para sa kapakanan ng iyong lingkod na si David, huwag
kang tumalikod mula sa hinirang mong hari. **11** Nangako si
Yahweh na magiging matapat kay David; hindi siya tatalikod
mula sa kaniyang pangako: “Ilalagay ko ang isa sa iyong
mga kaapu-apuhan sa iyong trono. **12** Kung pananatilihin ng
iyong mga anak ang aking tipan at ang mga batas na ituturo
ko sa kanila, ang kanilang mga anak ay mauupo rin sa
iyong trono magpakailanman.” **13** Totoong pinili ni Yahweh
ang Sion; siya ay ninais niya para sa kaniyang upuan. **14**
Ito ang aking lugar ng kapahingahan magpakailanman;
mamumuhay ako rito, dahil ninais ko siya. **15** Pagpapalain ko
siya ng masaganang pagpapala; Papawiin ko ang kaniyang
kahirapan sa pamamagitan ng tinapay. **16** Dadamitan ko
ang kaniyang mga pari ng kaligtasan; ang mga tapat sa
kaniya ay sisigaw ng malakas para sa kagalakan. **17** Doon
palalakihin ko ang sungay ni David; inilagay ko ang lampara
doon para sa hinirang ko. **18** Dadamitan ko ang kaniyang
mga kaaway na may kahihiyan, pero ang kaniyang korona
ay magniningning.

**133** Masdan niyo, napakabuti at kaaya-aya para sa
mga kapatiran na sama-samang manatili ng may
pagkakaisa! **2** Tulad ito ng mamahaling langis sa ulo
na dumaloy pababa sa balbas ni Aaron, na dumaloy sa
kaniyang mga kasuotan. **3** Tulad ito ng hamog sa Hermon,
na bumababa sa bundok ng Sion. Dahil doon nag-utos si
Yahweh ng pagpapala, buhay magpakailanman.

**134** Halikayo, pagpalain si Yawheh, lahat kayong mga
lingkod ni Yahweh, kayong mga naglilingkod sa
tahanan ni Yahweh tuwing gabi. **2** Itaas ninyo ang inyong
mga kamay sa banal na lugar at pagpalain si Yahweh. **3**
Nawa pagpalain kayo ni Yahweh mula sa Sion, siya na
gumawa ng langit at lupa.

**135** Purihin si Yahweh. Purihin ang pangalan ni Yahweh,
Purihin siya, kayong mga lingkod ni Yahweh, **2**
kayong mga nakatayo sa tahanan ni Yahweh, sa mga patyo
ng tahanan ng ating Diyos. **3** Purihin si Yahweh, dahil siya
ay mabuti; umawit ng mga papuri sa kaniyang pangalan,
dahil ito ay nakalulugod na gawin. **4** Dahil pinili ni Yahweh si
Jacob para sa kaniyang sarili, ang Israel bilang kaniyang
pag-aari. **5** Alam kong si Yahweh ay dakila, na ang ating
Panginoon ay mataas sa lahat ng diyos. **6** Kahit na anong
naisin ni Yahweh, ginagawa niya sa langit, sa lupa, sa dagat
at sa kailaliman ng karagatan. **7** Inilagay niya ang mga
ulap mula sa malayo, na gumagawa ng lumiliwanag na
kidlat kasama ng ulan at nagdadala ng hangin mula sa
kaniyang imbakan. **8** Pinatay niya ang panganay na anak
ng Ehipto, maging tao at mga hayop. **9** Nagpadala siya ng
mga tanda at mga kababalaghan sa inyong kalagitnaan,
Ehipto, laban sa Paraon at sa lahat ng kaniyang mga
lingkod. **10** Maraming bansa ang nilusob niya at pinatay
ang malalakas na hari, **11** sina Sihon hari ng Amoreo at

Og hari ng Bashan at lahat ng kaharian sa Canaan. **12**
Ibinigay niya ang kanilang mga lupain para ipamana, isang
pamana sa kaniyang bayang Israel. **13** Yahweh, ang iyong
pangalan ay mananatili magpakailanman; Yahweh, ang
iyong katanyagan ay mananatili sa lahat ng henerasyon. **14**
Dahil ipinagtatanggol ni Yahweh ang kaniyang bayan at may
habag siya sa kaniyang mga lingkod. **15** Ang mga bansa
ng mga diyos-diyosan ay pilak at ginto, gawa sa kamay ng
mga tao. **16** Ang mga diyos-diyosan ay may mga bibig, pero
hindi (sila) nagsasalita; mayroon silang mga mata, pero
hindi nakakikita; **17** mayroon silang mga tainga, pero hindi
nakaririnig, ni hininga ay wala sa kanilang mga bibig. **18** Ang
mga gumagawa sa kanila ay tulad din nila, gaya ng lahat ng
nagtitiwala sa kanila. **19** Mga kaapu-apuhan ng Israel, purihin
ninyo si Yahweh; mga kaapu-apuhan ni Aaron, purihin ninyo
si Yahweh. **20** Mga kaapu-apuhan ni Levi, purihin ninyo si
Yahweh; kayong nagpaparangal kay Yahweh, purihin ninyo
si Yahweh. **21** Purihin ninyo si Yahweh sa Sion, siyang
naninirahan sa Jerusalem. Purihin si Yahweh.

**136** O, magpasalamat kay Yahweh; dahil siya ay mabuti,
dahil ang kaniyang katapatan sa tipan ay mananatili
magpakailanman. **2** O, magpasalamat sa Diyos ng mga
diyos, dahil ang kaniyang katapatan sa tipan ay mananatili
magpakailanman. **3** O, magpasalamat sa Panginoon ng
mga panginoon, dahil ang kaniyang katapatan sa tipan ay
mananatili magpakailanman. **4** Sa kaniya na nag-iisang
gumagawa ng labis na kamanghaan, dahil ang kaniyang
katapatan sa tipan ay mananatili magpakailanman— **5** sa
kaniyang karunungan ginawa ang kalangitan, dahil ang
kaniyang katapatan sa tipan ay mananatili magpakailanman—
**6** sa kaniya na nagkalat ng lupa sa ibabaw ng katubigan,
dahil ang kaniyang katapatan sa tipan ay mananatili
magpakailanman— **7** sa kaniya na gumawa ng kahanga-
hangang mga liwanag, dahil ang kaniyang katapatan sa tipan
ay mananatili magpakailanman— **8** ng araw na naghahari sa
umaga, dahil ang kaniyang katapatan sa tipan ay mananatili
magpakailanman— **9** ng buwan at bituin na naghahari sa
gabi, dahil ang kaniyang katapatan sa tipan ay mananatili
magpakailanman— **10** na siyang pumatay sa mga panganay
na anak ng Ehipto, dahil ang kaniyang katapatan sa tipan
ay mananatili magpakailanman— **11** at naglabas sa Israel
mula sa kanila, dahil ang kaniyang katapatan sa tipan
ay mananatili magpakailanman— **12** na may malakas na
kamay at nakataas na braso, dahil ang kaniyang katapatan
sa tipan ay mananatili magpakailanman— **13** na siyang
naghati sa dagat na Pula dahil ang kaniyang katapatan sa
tipan ay mananatili magpakailanman— **14** at nagawang
padaanin ang Israelita sa kalagitnaan nito, dahil ang kaniyang
katapatan sa tipan ay mananatili magpakailanman— **15**
pero ipinatapon ang Paraon at ang kaniyang hukbo sa
dagat na Pula, dahil ang kaniyang katapatan sa tipan
ay mananatili magpakailanman— **16** siya na nagdala sa
kaniyang bayan sa ilang, dahil ang kaniyang katapatan
sa tipan ay mananatili magpakailanman— **17** siya na
nagpapatay sa mga dakilang hari, dahil ang kaniyang
katapatan sa tipan ay mananatili magpakailanman— **18**
at pinatay ang tanyag na mga hari, dahil ang kaniyang
katapatan sa tipan ay mananatili magpakailanman— **19** sina
Sihon hari ng mga Amoreo, dahil ang kaniyang katapatan
sa tipan ay mananatili magpakailanman— **20** at Og hari
ng Bashan, dahil ang kaniyang katapatan sa tipan ay
mananatili magpakailanman— **21** at binigay ang kanilang
lupain bilang pamana, dahil ang kaniyang katapatan sa
tipan ay mananatili magpakailanman— **22** isang pamana sa
Israel na kaniyang lingkod, dahil ang kaniyang katapatan sa
tipan ay mananatili magpakailanman— **23** siyang umalala
sa atin at tumulong sa ating kahihiyan, dahil ang kaniyang
katapatan sa tipan ay nananatili magpakailanman— **24** at
siyang nagbigay sa atin ng katagumpayan sa ating mga
kaaway, dahil ang kaniyang katapatan sa tipan ay nananatili
magpakailanman— **25** siyang nagbibigay ng pagkain sa
lahat ng nabubuhay, dahil ang kaniyang katapatan sa tipan
ay nananatili magpakailanman. **26** O, magpasalamat sa
Diyos sa langit, dahil ang kaniyang katapatan sa tipan ay
nananatili magpakailanman.

**137** Kami ay naupo sa tabi ng ilog ng Babilonia at umiyak
nang aming naisip ang tungkol sa Sion. **2** Sa mga
puno ng alamo namin isinabit ang aming mga alpa. **3** Doon
ang aming mga manlulupig ay pinakanta kami, at silang
mga nangutya sa amin ay inatasan kaming maging masaya,
sinasabing, "Awitan niyo kami ng isa sa mga awit ng Sion."
**4** Paano kami makakakanta ng isang awitin tungkol kay
Yahweh sa isang dayuhang lupain? **5** Jerusalem, kung aking
babalewalain ang alaala mo, hayaan mo ang aking kanang
kamay na makalimutan ang kaniyang kakayahan. **6** Hayaan
mo ang aking dila na kumapit sa aking ngalangala kung
hindi na kita muling iisipin pa, kung hindi ko gugustuhin na
ang Jerusalem ang maging aking pinakadakilang kasiyahan.
**7** Alalahanin mo, Yahweh, kung ano ang ginawa ng mga
Edomita noong araw na bumagsak ang Jerusalem. Sinabi
nila, "Wasakin ito, wasakin ito hanggang sa pundasyon
nito." **8** Anak na babae ng Babilonia, na malapit na ang
pagkawasak— nawa ang tao ay pagpalain, kung sinuman
ang magbalik ng kabayaran sa kung ano ang iyong ginawa
sa amin. **9** Nawa ang taong iyon ay pagpalain, sinuman ang
kumuha at nagpira-piraso ng inyong maliliit na anak sa bato.

**138** Magpapasalamat ako sa iyo ng buong puso; aawitan
kita ng mga papuri sa harap ng mga diyos-diyosan.
2 Luluhod ako sa iyong banal na templo at magpapasalamat
sa iyong ngalan para sa katapatan sa tipan at sa iyong
pagiging mapagkakatiwalaan. Dinakila mo ang iyong salita
at iyong pangalan higit sa lahat. 3 Sa araw na tumawag
ako sa iyo, sinagot mo ako; pinalakas mo ang aking loob at
ang aking kaluluwa. 4 Yahweh, lahat ng hari sa mundo ay
magpapasalamat sa iyo dahil maririnig nila ang mga salita
ng iyong bibig. 5 Tunay nga na aawitin nila ang mga ginawa
ni Yahweh, dahil dakila ang kaluwalhatian ni Yahweh. 6
Kahit na mataas si Yahweh, sa mga mabababa siya nag-
aaruga, pero malayo sa kaniya ang mga mapagmalaki. 7
Kahit na lumakad ako sa kalagitnaan ng kapamahakan,
pangangalagaan mo ang aking buhay; iuunat mo ang iyong
kamay laban sa galit ng aking mga kaaway, at ililigtas ako
ng iyong kanang kamay. 8 Kasama ko si Yahweh hanggang
sa huli; Yahweh panatilihin mo ang iyong katapatan sa tipan
magpakailanman; huwag mong pabayaan ang mga nilikha
ng iyong mga kamay.

**139** Yahweh, sinayasat mo ako at kilala. 2 Alam mo
kung kailan ako uupo at babangon; kahit malayo ka
sa akin nauunawaan mo ang aking saloobin. 3 Minamasdan
mo ang aking daan at kapag ako ay nahihiga; alam mo
ang lahat sa aking pamumuhay. 4 Yahweh, wala akong
sinasabi na hindi mo lubos na alam. 5 Sa likuran at harapan
ay nandoon ang iyong mga kamay sa akin. 6 Ang ganoong
kaalaman ay labis para sa akin; ito ay labis na mataas at
hindi ko ito kayang maunawaan. 7 Saan ako maaaring
pumunta para makatakas mula sa iyong Espiritu? Saan ako
makakalayo mula sa iyong presensiya? 8 Kung aakyat ako
sa kalangitan, naroon ka; kung gagawa ako ng higaan sa
sheol, makikita na naroon ka. **(Sheol h7585)** 9 Kung lilipad ako
palayo sa mga pakpak ng umaga at pupunta para mamuhay
sa pinakamalayong mga bahagi sa kabila ng karagatan, 10
kahit doon ang iyong kamay ang aakay sa akin, at ang iyong
kanang kamay ang hahawak sa akin. 11 Kung sasabihin
ko, "Tiyak na itatago ako ng kadiliman at ang gabi ang
aking magiging liwanag;" 12 hindi makakapagtago kahit
ang kadiliman mula sa iyo. Lumiliwanag ang gabi tulad
ng umaga, dahil ang kadiliman at liwanag ay magkatulad
sa iyo. 13 Ikaw ang humulma sa aking pagkatao; ikaw
ang humulma sa akin sa sinapupunan ng aking ina. 14
Magpapasalamat ako sa iyo, dahil ang iyong mga gawa ay
kahanga-hanga at kamangha-mangha. Alam na alam mo
ang aking buhay. 15 Ang aking katawan ay hindi naitago
mula sa iyo noong ako ay lihim na binuo, noong ako ay
magulong nilikha sa kailaliman ng mundo. 16 Nakita mo ako
sa loob ng sinapupunan; ang lahat ng araw na nakatalaga
para sa akin ay nakatala sa iyong libro kahit bago pa ito
ang unang nangyari. 17 Napakahalaga ng iyong kaisipan
sa akin, O Diyos! Napakalawak ng kanilang kabuuan. 18
Kung susubukan ko itong bilangin, (sila) ay higit pa sa
bilang ng mga buhangin. Sa aking paggising, ako ay nasa
iyo pa rin. 19 Kung iyo lamang papatayin ang masasama,
O Diyos; lumayo sa akin, ikaw na marahas na tao. 20
(Sila) ay naghihimagsik laban sa iyo at kumikilos nang may
pandaraya; ang iyong mga kaaway ay nagsisinungaling. 21
Hindi ko ba kapopootan ang mga napopoot sa iyo, Yahweh?
Hindi ko ba kasusuklaman silang lumalaban sa iyo? 22
Lubos ko silang kinapopootan; (sila) ay naging mga kaaway
ko. 23 Siyasatin mo ako, O Diyos, at kilalanin mo ang aking
puso; subukin mo ako at alamin ang aking saloobin. 24
Tingnan mo kung mayroong masamang paraan sa akin, at
pangunahan mo ako sa daan ng walang hanggan.

**140** Yahweh, sagipin mo ako mula sa masama;
pangalagaan mo ako mula sa mararahas na mga
tao. 2 Nagpaplano (sila) ng kasamaan sa kanilang mga
puso; (sila) ang pasimuno ng hindi pagkakasundo araw-
araw. 3 Ang kanilang dila ay nakakasugat tulad ng mga
ahas, ang lason ng ulupong ay nasa kanilang mga labi.
(Selah) 4 Ilayo mo ako sa mga kamay ng masasama,
Yahweh; pangalagaan mo ako sa mararahas na mga tao
na nagpaplano na patumbahin ako. 5 Ang mapagmalaki
ay naghanda ng patibong para sa akin; nagkalat (sila) ng
lambat; naghanda (sila) ng silo para sa akin. (Selah) 6 Sinabi
ko kay Yahweh, "Ikaw ang aking Diyos; makinig ka sa aking
mga paghingi ng awa." 7 Yahweh, aking Panginoon, ikaw
ay malakas para magligtas; sa araw ng labanan nilagyan
mo ng panangga ang aking ulo. 8 Yahweh, huwag mong
ipagkaloob ang nais ng masasama; huwag mong hayaan
ang kanilang mga plano na magtagumpay. (Selah) 9 Silang
mga nakapalibot sa akin ay itiningala ang kanilang mga ulo;
hayaan mo silang tabunan ng kalokohan ng kanilang labi. 10
Hayaan mong bumagsak ang nagbabagang mga uling sa
kanila; itapon mo (sila) sa apoy, sa napakalalim na hukay, na
hindi na kailanman makakabangon. 11 Nawa ang sinumang
nagsasabi ng masasamang mga bagay tungkol sa iba ay
hindi mailigtas sa mundo; nawa hanapin ng kasamaan ang
mararahas para ibagsak siya. 12 Alam kong si Yahweh ang
magpapanatili ng kapakanan ng mga nasaktan, at siyang
magpapatuloy ng katarungan para sa mga nangangailangan.
13 Tiyak na ang mga makatuwiran ay magpapasalamat sa
ngalan mo; ang matutuwid na mga tao ay mamumuhay sa
iyong presensya.

**141** Yahweh, ako ay tumatawag sa iyo; lumapit ka agad
sa akin. Makinig ka sa akin kapag tumawag ako

sa iyo. 2 Nawa ang aking panalangin ay maging gaya ng
insenso sa harapan mo; nawa ang nakataas kong mga
kamay ay maging katulad ng alay sa gabi. 3 Yahweh,
maglagay ka ng isang bantay sa aking bibig; bantayan mo
ang pintuan ng aking mga labi. 4 Huwag mong hayaan
ang aking puso na magnais ng kahit anong masamang
bagay o sumama sa makasalanang mga gawain kasama
ang mga taong kumikilos ng masama. Nawa ang kanilang
masarap na pagkain ay hindi ko kainin. 5 Hayaan mong
saktan ako ng taong matuwid; ito ay isang kabutihan sa
akin. Hayaan mo siyang itama ako; ito ay magiging gaya ng
langis sa aking ulo; nawa hindi ito tanggihan ng aking ulo.
Pero ang aking panalangin ay palaging laban sa mga gawa
ng masasama. 6 Ang kanilang mga pinuno ay ihuhulog mula
sa itaas ng bangin; maririnig nila na aking sariling mga salita
ay kaaya-aya. 7 Kanilang sasabihin, "Gaya ng isang nag-
aararo at nagbubungkal ng lupa, gayundin ang ating mga
buto na kakalat sa bibig ng sheol." **(Sheol h7585)** 8 Tiyak na
ang aking mga mata ay nasa iyo, Yahweh, Panginoon; sa
iyo ako nagkukubli; huwag mong iwanan ang aking kaluluwa
ng walang pagtatanggol. 9 Pangalagaan mo ako mula sa
mga bitag na kanilang inilatag para sa akin, mula sa mga
patibong ng mga gumagawa ng masama. 10 Hayaan mong
mahulog ang masasama sa kanilang sariling lambat habang
ako ay tumatakas.

**142** Gamit ang aking boses ako ay tumatawag kay
Yahweh; nagsumamo ako gamit ang aking boses
kay Yahweh. 2 Ibinuhos ko ang aking pagdadalamhati sa
harap niya; sinabi ko sa kaniya ang aking mga kaguluhan.
3 Kapag nanghina ang aking espiritu, alam mo ang aking
landas. Sa aking paglalakad (sila) ay nagtago ng patibong
para sa akin. 4 Tumingin ako sa aking kanan at nakita na
walang sinuman ang nagmamalasakit sa akin. Hindi na ako
makakatakas; walang nag-aalala sa aking buhay. 5 Ako
ay tumawag sa iyo, Yahweh; at sinabi, "Ikaw ang aking
kublihan, ang aking bahagi sa lupain ng mga buhay. 6
Makinig ka sa aking tawag, dahil napakalungkot ko; sagipin
mo ako mula sa aking mga taga-usig, dahil (sila) ay mas
malakas kaysa sa akin. 7 Ilabas mo ang aking kaluluwa
mula sa kulungan para ako ay makapagpasalamat sa iyong
pangalan. Ang matutuwid ay magtitipon sa aking paligid
dahil ikaw ay naging mabuti sa akin."

**143** Dinggin mo ang aking panalangin, Yahweh; makinig
ka sa aking pagsamo. Dahil sa iyong katapatan at
katuwiran, sagutin mo ako! 2 Huwag mong hatulan ang iyong
lingkod, dahil walang matuwid sa iyong paningin. 3 Hinangad
ng kaaway ang aking kaluluwa; ako ay kaniyang ibinaon sa
lupa; pinatira niya ako sa kadiliman tulad ng mga matagal ng
namatay. 4 Ang aking espiritu ay nanglulupaypay; ang aking
puso ay nawalan ng pag-asa. 5 Inalala ko ang nakalipas,
nagnilay ako sa iyong mga gawa; nagmuni-muni ako sa iyong
mga katagumpayan. 6 Itinataas ko ang aking mga kamay sa
iyo sa panalangin; ang aking kaluluwa ay nananabik sa iyo
sa isang tuyong lupain. (Selah) 7 Yahweh, sumagot ka agad
sa akin dahil ang aking espiritu ay nanghihina. Huwag mong
itago ang iyong mukha sa akin, o ako ay magiging gaya ng
mga bumaba sa hukay. 8 Hayaan mong marinig ko ang
iyong katapatan sa tipan sa umaga, dahil nagtitiwala ako
sa iyo. Ipakita mo sa akin ang daan kung saan ako dapat
lumakad, dahil itinataas ko ang aking kaluluwa sa iyo. 9
Sagipin mo ako mula sa aking mga kaaway, Yahweh; ako ay
tumakas sa iyo para magtago. 10 Turuan mo ako na gawin
ang iyong kalooban dahil ikaw ang aking Diyos. Nawa ang
iyong mabuting Espiritu ay pangunahan ako sa lupain ng
katuwiran. 11 Yahweh, para sa kapakanan ng ngalan mo,
panatilihin mo akong buhay; sa iyong katuwiran ilayo mo
ang aking kaluluwa sa kaguluhan. 12 Sa iyong katapatan sa
tipan alisin mo ang aking mga kaaway at wasakin ang lahat
ng mga kaaway ng aking buhay dahil ako ay iyong lingkod.

**144** Purihin si Yahweh, aking muog, na siyang
nagsasanay ng aking mga kamay para sa digmaan
at sa aking mga daliri para sa labanan. 2 Ikaw ang aking
katapatan sa tipan at aking tanggulan, ang aking matayog na
tore at siyang sumasagip sa akin, ang aking pananggalang
at siyang aking kanlungan, na siyang nagpasuko ng mga
bayan sa ilalim ko. 3 Yahweh, ano ang tao na nakukuha niya
ang iyong pansin o sa anak ng tao na iniisip mo ang tungkol
sa kaniya? 4 Ang tao ay gaya ng isang hininga, ang kaniyang
mga araw ay gaya ng isang dumaraang anino. 5 Yahweh,
palubugin mo ang kalangitan at bumaba ka; hawakan mo
ang mga bundok at pausukin (sila) 6 Magpadala ka ng mga
kislap ng kidlat at bulabugin mo ang aking mga kaaway;
pakawalan mo ang iyong palaso at ibalik (sila) sa kaguluhan.
7 Iabot mo ang iyong kamay mula sa itaas, sagipin mo ako
sa maraming tubig mula sa mga kamay ng mga dayuhan. 8
Ang kanilang mga bibig ay nagsisinungaling, at ang kanilang
kanang kamay ay kabulaanan. 9 Ako ay aawit ng bagong
awitin sa iyo, O Diyos; sa isang alpa na may sampung
kwerdas, aawitan kita ng mga papuri. 10 Nagbigay ka ng
kaligtasan sa mga hari; sinagip mo si David na iyong lingkod
mula sa masamang espada. 11 Sagipin mo ako at palayain
mula sa mga kamay ng mga dayuhan. Ang kanilang mga
bibig ay nagsisinungaling, at ang kanilang kanang kamay
ay kabulaanan. 12 Nawa ang aming mga anak na lalaki
ay maging tulad ng halaman na lumago ng buong laki sa
kanilang kabataan at ang mga anak na babae ay tulad ng
inukit na sulok na poste, na may magandang hubog gaya ng

mga nasa palasyo. **13** Nawa ang ating kamalig ay mapuno
ng sari-saring bunga, at ang ating tupa ay manganak ng
libo-libo sa ating mga bukirin. **14** Pagkatapos ang ating mga
baka ay magkakaroon ng maraming anak. Walang sinuman
ang makakasira ng ating mga pader; doon ay walang taong
itatapon at hihiyaw sa aming mga lansangan. **15** Mapalad
ang mga tao na may ganitong mga pagpapala; maligaya
ang tao na ang Diyos ay si Yahweh.

**145** Ipagbubunyi kita, aking Diyos na Hari; pupurihin ko
ang iyong pangalan magpakailanman. **2** Araw-araw
pupurihin kita, pupurihin ko ang ngalan mo magpakailanman.
**3** Dakila si Yahweh at karapat-dapat na papurihan; ang
kaniyang kadakilaan ay hindi matatagpuan. **4** Ang isang
henerasyon ay papupurihan ang iyong mga gawa hanggang
sa mga susunod at ipahahayag ang iyong makapangyarihang
mga gawa. **5** Magninilay ako sa katanyagan ng iyong
kaluwalhatian at sa iyong kahanga-hangang mga gawa. **6**
(Sila) ay magsasalita tungkol sa iyong makapangyarihang
mga gawa; ipahahayag ko ang iyong kaluwalhatian. **7**
Ihahayag nila ang iyong masaganang kabutihan, at (sila)
ay aawit tungkol sa iyong katuwiran. **8** Mapagbigay-loob
at maawain si Yahweh, hindi mabilis magalit at sagana sa
katapatan sa tipan. **9** Si Yahweh ay mabuti sa lahat, ang
kaniyang mapagmahal na awa ay nasa kaniyang mga gawa.
**10** Yahweh, ang lahat ng iyong nilikha ay magpapasalamat
sa iyo; silang matatapat sa iyo ay pagpapalain ka. **11** Silang
matatapat sa iyo ay magsasalita ng kaluwalhatian ng iyong
kaharian, at (sila) ay magsasabi ng iyong kapangyarihan. **12**
Kanilang ipapakilala ang makapangyarihang mga gawa ng
Diyos sa sangkatauhan at ang maluwalhating kadakilaan
ng kaniyang kaharian. **13** Ang iyong kaharian ay walang
hanggang kaharian, at ang iyong kapangyarihan ay mananatili
sa lahat ng henerasyon. **14** Itinataguyod ni Yahweh ang lahat
ng bumabagsak at ibinabangon silang mga nanghihinang
loob. **15** Ang mga mata ng lahat ay naghihintay para sa
iyo; ibinigay mo sa tamang oras ang kanilang pagkain.
**16** Binuksan mo ang iyong kamay at pinupunan ang nais
ng bawat may buhay. **17** Si Yahweh ay matuwid sa lahat
ng kaniyang kaparaanan at mapagbigay-loob sa lahat ng
kaniyang ginagawa. **18** Si Yahweh ay malapit sa lahat ng
mga tumatawag sa kaniya, ang lahat ng tumatawag sa
kaniya ng may pagtitiwala. **19** Tinutupad niya ang nais na
mga nagpaparangal sa kaniya; dinidinig niya ang kanilang
iyak at inililigtas (sila) **20** Pinagmamasdan ni Yahweh ang
lahat ng nagmamahal sa kaniya, pero siya ang wawasak sa
lahat ng masasama. **21** Sasabihin ng aking bibig ang papuri
kay Yahweh; hayaang pagpalain ng sanlibutan ang kaniyang
banal na pangalan magpakailanman.

**146** Purihin si Yahweh. Aking kaluluwa, purihin si Yahweh.
**2** Ako ay magpupuri kay Yahweh habang ako ay
nabubuhay; ako ay aawit ng mga papuri sa aking Diyos
habang ako ay nabubuhay. **3** Huwag mong ilagay ang
iyong pagtitiwala sa mga prinsipe o sa sangkatauhan, kung
saan walang kaligtasan. **4** Kapag ang hininga ng isang tao
ay huminto, siya ay bumabalik sa lupa; sa araw na iyon
matatapos ang kaniyang mga plano. **5** Mapalad siya na may
Diyos ni Jacob para tulungan siya, na ang pag-asa ay na
kay Yahweh na kaniyang Diyos. **6** Nilikha ni Yahweh ang
langit at lupa, ang dagat, at ang lahat ng mayroon (sila)
kaniyang pinagmamasdan ang pagiging mapagkakatiwalaan
magpakailanman. **7** Siya ang nagpapatupad ng katarungan
sa mga inaapi at nagbibigay ng pagkain sa nagugutom.
Pinapalaya ni Yahweh ang mga bilanggo; **8** minumulat ni
Yahweh ang mga mata ng bulag; ibinabangon ni Yahweh ang
mga nalulugmok; iniibig ni Yahweh ang mga matutuwid. **9**
Inaalagaan ni Yahweh ang mga dayuhan sa lupain; kaniyang
pinapasan ang mga walang ama at mga balo, pero siya ang
sumasalungat sa masasama. **10** Si Yahweh na iyong Diyos,
ang maghahari magpakailanman, Sion, para sa lahat ng
henerasyon. Purihin si Yahweh.

**147** Purihin si Yahweh! Mabuting umawit sa ating Diyos.
Kasiya-siya at nararapat lang na gawin ito. **2**
Nawasak ang Jerusalem, pero tinutulungan tayo ni Yahweh
na itayo ulit ito. **3** Ibinabalik niya ang mga taong dinala sa
ibang bayan. Pinalalakas niya ulit ang mga pinanghihinaan
ng loob at pinagagaling ang kanilang mga sugat. **4** Siya
ang lumikha ng mga bituin. **5** Dakila at makapangyarihan si
Yahweh, at walang kapantay ang kaniyang karunungan. **6**
Itinataas ni Yahweh ang mga inaapi, at ibinababa niya ang
mga masasama. **7** Umawit kay Yahweh ng may pasasalamat;
gamit ang alpa, umawit ng papuri para sa ating Diyos. **8**
Tinatakpan niya ang kalangitan ng mga ulap at hinahanda
ang ulan para sa lupa, na nagpapalago ng mga damo sa
mga kabunkukan. **9** Binibigyan niya ng pagkain ang mga
hayop at mga inakay na uwak kapag (sila) ay umiiyak. **10**
Hindi siya humahanga sa bilis ng kabayo o nasisiyahan sa
lakas ng binti ng isang tao. **11** Nasisiyahan si Yahweh sa
mga nagpaparangal sa kaniya, sa mga umaasa sa katapatan
niya sa tipan. **12** Purihin niyo si Yahweh, kayong mga
mamamayan ng Jerusalem! Purihin niyo ang inyong Diyos,
Sion. **13** Dahil pinalalakas niya ang rehas ng inyong mga
tarangkahan, pinagpapala niya ang mga batang kasama
ninyo. **14** Pinagyayaman niya ang mga nasa loob ng inyong
hangganan, pinasasaya niya kayo sa pamamagitan ng
pinakamaiinam na trigo. **15** Pinadadala niya ang kaniyang
kautusan sa mundo, dumadaloy ito nang maayos. **16**
Ginagawa niyang parang nyebe ang lana, pinakakalat niya

ang mga yelo na parang abo. 17 Nagpapaulan siya ng yelo
na parang mumo, sinong makatitiis ng ginaw na pinadala
niya? 18 Ipinahahayag niya ang kaniyang utos at tinutunaw
ito, pina-iihip niya ang hangin at pinadadaloy niya ang tubig.
19 Ipinahayag niya ang kaniyang salita kay Jacob, ang mga
alituntunin niya at makatuwirang mga utos sa Israel. 20
Hindi niya ginawa ito sa ibang bayan, wala silang alam sa
kaniyang mga utos. Purihin si Yahweh.

**148** Purihin si Yahweh. Purihin niyo si Yahweh, kayo
na nasa kalangitan; purihin niyo si Yahweh, kayo
na nasa kaitaas-taasan. 2 Purihin niyo siya, lahat kayong
mga anghel; purihin niyo siya, lahat kayong mga hukbo
ng anghel. 3 Purihin niyo siya, araw at buwan; purihin
niyo siya, kayong mga nagniningning na bituin. 4 Purihin
niyo siya, kayong pinakamataas na kalangitan at kayong
mga katubigan sa kaulapan. 5 Hayaan silang purihin ang
pangalan ni Yahweh, dahil binigay niya ang utos at (sila) ay
nalikha. 6 Itinatag niya rin (sila) magpakailanman; nagbigay
siya ng utos na hindi magbabago. 7 Purihin si Yahweh mula
sa mundo, kayong mga hayop sa lahat ng karagatan, 8
apoy at yelo, nyebe at mga ulap, malakas na hangin, sa
pagtupad ng kaniyang salita, 9 mga bundok at mga burol,
mga bungang-kahoy at lahat ng sedar, 10 mga mabangis at
maamong hayop, mga hayop na gumagapang at mga ibon,
11 mga hari sa mundo at lahat ng bansa, mga prinsipe at
lahat ng namamahala sa lupa, 12 mga binata at dalaga,
mga nakatatanda at mga bata. 13 Hayaang silang purihin
ang pangalan ni Yahweh dahil ang pangalan niya lamang
ang itinatanghal at ang kaniyang kadakilaan ay bumabalot
sa buong mundo at kalangitan. 14 Itinaas niya ang tambuli
ng kaniyang bayan para sa pagpupuri mula sa kaniyang
mga tapat na lingkod, mga Israelita, mga taong malapit sa
kaniya. Purihin si Yahweh.

**149** Purihin si Yahweh! Umawit ng bagong awit para kay
Yahweh; purihin siya sa pagtitipon ng mga tapat! 2
Hayaang magdiwang ang Israel sa kaniya na ginawa silang
isang bayan; magdiwang ang mga mamamayan ng Sion
sa kanilang hari. 3 Purihin nila ang kaniyang pangalan na
may sayawan; umawit (sila) ng papuri sa kaniya nang may
tamburin at alpa. 4 Dahil nasisiyahan si Yahweh sa kaniyang
bayan; dinadakila niya ang mapagkumbaba ng kaligtasan.
5 Magdiwang ang mga maka-diyos sa tagumpay; umawit
(sila) sa galak sa kanilang mga higaan. 6 Nawa mamutawi
sa kanilang mga bibig ang mga papuri para sa Diyos at sa
kanilang kamay, isang espadang may magkabilang-talim, 7
para maghiganti sa mga bayan at parusahan ang mga tao.
8 Igagapos nila ang mga hari sa kadena at ang mararangya
sa mga bakal na posas. 9 Isasagawa nila ang hatol na
nasusulat. Ito ay magiging karangalan para sa mga tapat.
Purihin si Yahweh.

**150** Purihin si Yahweh. Purihin ang Diyos sa kaniyang
banal na lugar; purihin siya sa matataas na
kalangitan. 2 Purihin siya dahil sa kaniyang dakilang
mga gawain; purihin siya sa kaniyang kadakilaang walang
katumbas. 3 Purihin siya sa ihip ng tambuli; purihin siya
gamit ang plawta at alpa. 4 Purihin siya gamit ang tamburin
at sayawan; purihin siya gamit ang mga instrumentong may
kuwerdas at mga instrumentong hinihipan. 5 Purihin siya
gamit ang maiingay na pompyang; purihin siya gamit ang
matitinis na pompyang. 6 Purihin si Yahweh ng lahat ng may
hininga. Purihin si Yahweh.

# Mga Kawikaan

**1** Ang kawikaan ni Solomon na anak na lalaki ni David,
ang hari ng Israel. **2** Ang mga kawikaan na ito ay para
magturo ng karunungan at tagubilin, para magturo ng mga
salita ng kaalaman, **3** upang kayo ay makatanggap nang
pagtutuwid para mamuhay kayo sa paggawa ng kung ano
ang tama, makatarungan at patas. **4** Ang mga kawikaan ay
para din magbigay ng karunungan sa mga hindi pa naituro
at para magbigay kaalaman at mabuting pagpapasya sa
mga kabataan. **5** Hayaan ang mga matatalinong tao na
makinig at dagdagan ang kanilang nalalaman, at hayaan
ang mga nakakaintinding tao na makakuha ng patnubay, **6**
para maunawaan ang mga kawikaan, mga kasabihan, at
mga salita ng matatalinong tao at kanilang mga palaisipan.
**7** Ang pagkatakot kay Yahweh ay ang simula ng kaalaman
- ang mga hangal ay kinamumuhian ang karunungan at
disiplina. **8** Aking anak, pakinggan ang tagubilin ng iyong
ama at huwag isang tabi ang mga utos ng iyong ina; **9**
ito ay magiging kaaya-ayang korona sa iyong ulo at mga
palawit sa iyong leeg. **10** Aking anak, kung sinusubukan
kang udyukan ng mga makasalanan sa kanilang mga
pagkakasala, tumangging sumunod sa kanila. **11** Kung
kanilang sasabihin na, “Sumama ka sa amin, tayo ay mag-
abang upang makagawa ng pagpatay, tayo ay magtago
at sugurin ang mga walang malay na mga tao ng walang
kadahilanan. **12** Lunukin natin sila ng buhay, katulad ng
paglayo ng sheol sa mga malulusog at gawin silang katulad
ng mga nahulog sa hukay. **(Sheol h7585)** **13** Dapat nating
hanapin ang lahat ng klaseng mga mahahalagang bagay;
pupunuin natin ang ating tahanan ng mga bagay na ating
ninakaw sa iba, **14** Makipagsapalaran ka sa amin, tayo ay
magkakaroon ng iisang lalagyanan.” **15** Aking anak, huwag
kang maglalakad sa daanang iyon kasama nila; huwag mong
hayaang dumampi ang iyong paa kung saan sila naglalakad;
**16** ang kanilang mga paa ay tumatakbo sa kasamaan at sila
ay nagmamadali para sa pagdanak ng dugo. **17** Sapagkat
walang saysay na ikalat ang lambat upang bumitag ng
isang ibon habang nanonood ang ibon. **18** Ang mga lalaking
ito ay nag-aabang para patayin ang kanilang mga sarili
- sila ay naglagay ng bitag para sa kanilang mga sarili.
**19** Ganoon din ang mga paraan ng lahat na nagtamo ng
kayaman sa pamamagitan ng hindi makatarungan; ang
hindi makatuwirang pagtamo ay nag-aalis ng buhay sa mga
kumakapit dito. **20** Umiiyak ng malakas sa lansangan ang
karunungan, kaniyang nilalakasan ang kaniyang boses sa
isang liwasang-bayan, **21** sa gitna ng maingay na lansangan
siya ay umiyak, sa pasukan ng lungsod ng tarangkahan siya
ay nagsalita. **22** “Kayong mga walang karunungan, Gaano
katagal ninyo mamahalin ang inyong hindi naiintindihan?
Kayong mga nangungutya, gaano kayo katagal magalak sa
pangungutya at kayong mga hangal, gaano kayo katagal
mamumuhi sa kaalaman? **23** Bigyang pansin ang aking
paninita; ibubuhos ko ang aking saloobin sa inyo, ipapaalam
ko ang salita ko sa inyo. **24** Ako ay tumawag, at kayo
ay tumangging makinig; inaabot ko sila ng aking kamay,
ngunit walang nagbigay pansin. **25** Ngunit isinawalang
bahala ninyo ang aking mga bilin at hindi ninyo binigyan ng
pansin ang aking pagsasaway. **26** Tatawanan ko kayo sa
inyong kapamahakan, kukutyain ko kayo kapag dumating
ang malaking takot — **27** kapag dumating ang inyong
kinakatakutang pangamba tulad ng bagyo at tinangay kayo
ng sakuna na parang buhawi, kapag ang kabalisahan at
dalamhati ay dumating sa inyo. **28** Pagkatapos sila ay
tatawag sa akin at hindi ako sasagot; desperado silang
tatawag sa akin, ngunit hindi nila ako mahahanap. **29** Dahil
kanilang kinapopootan ang karunungan at hindi pinili ang
pagkatakot kay Yahweh, **30** hindi nila susundin ang aking
tagubilin, at kanilang kinamuhian ang aking mga pagtatama.
**31** Kakainin nila ang bunga sa kanilang pamamaraan, at sa
bunga ng kanilang mga balak sila ay maaaring mabusog. **32**
Ang mga hindi naturuan ay pinapatay kapag sila ay umalis,
at ang kakulangan ng mga hangal ang sisira sa kanila. **33**
Pero ang sinumang makikinig sa akin ay mamumuhay nang
ligtas at magtatamo ng walang pagkatakot sa mga sakuna.”

**2** Anak, kung tatanggapin mo ang aking mga salita at
paka-ingatan ang aking mga kautusan, **2** makinig sa
karunungan at itutuon mo ang iyong puso sa pang-unawa.
**3** Kung ikaw ay magmakaawa para sa kaunawaan at
sumigaw para dito, **4** kung hahanapin mo ito kagaya ng
paghahanap ng pilak at hahanapin mo ang pang-unawa
kagaya ng paghahanap mo ng mga nakatagong kayamanan,
**5** saka mo mauunawaan ang pagkatakot kay Yahweh at
matatagpuan mo ang kaalaman ng Diyos. **6** Sapagkat si
Yahweh ang nagbibigay ng karunungan, mula sa kanyang
bibig nanggagaling ang kaalaman at kaunawaan. **7** Nag-
iimbak siya ng tamang karunungan para sa mga taong
nagbibigay kaluguran sa kanya, siya ay kalasag para sa mga
lumalakad na may katapatan **8** binabantayan niya ang mga
daan ng katarungan at pananatilihin niya ang landas ng mga
tapat sa kanya. **9** Pagkatapos ay mauuunawaan mo ang
katuwiran, katarungan, pagkamakatao at bawat mabuting
landas. **10** Sapagkat ang karunungan ay darating sa iyong
puso, at ang kaalaman ay magiging kalugod-lugod sa iyong
kaluluwa. **11** Ang mabuting pagpapasya ang magmamasid
sa iyo, at pang-unawa ang magbabantay sa iyo. **12** Sila ang
sasagip sa iyo sa daan ng masama, mula sa mga taong
nagsasalita ng masasamang bagay, **13** silang mga tumalikod

sa mga tamang landas at lumakad sa mga pamamaraan
nang kadiliman. 14 Sila ay nagagalak kapag gumagawa ng
kasamaan at nagagalak sa katiwalian ng kasamaan. 15 Sila
ay sumusunod sa mga maling landas, at gumagamit nang
pandaraya para itago ang kanilang pinagdaanan. 16 Ang
karunungan at mabuting pagpapasya ang magliligtas sa iyo
mula sa imoral na babae, mula sa babaeng naghahanap
ng pakikipagsapalaran at sa kanyang mga matatamis na
pananalita. 17 Siya ay tumalikod sa kasamahan ng kaniyang
kabataan at nakalimutan ang tipan ng kaniyang Diyos. 18
Dahil ang kaniyang tahanan ay sumasamba sa kamatayan
at ang kaniyang mga landas ang maghahatid sa iyo doon sa
mga nasa libingan. 19 Lahat nang pumupunta sa kaniya
ay hindi makakabalik muli at hindi na matatagpuan ang
landas ng buhay. 20 Kaya ikaw ay lalakad sa daan ng
mga mabubuting tao at sundin ang mga landas ng mga
matutuwid. 21 Magtatayo ng tahanan sa lupain ang mga
gumagawa ng mabuti, at mananatili doon ang namumuhay
nang may katapatan. 22 Ngunit puputulin sa lupain ang mga
masasama, at ang hindi tapat ay aalisin mula rito.

**3** Aking anak, huwag kalimutan ang aking mga utos, at
isapuso ang aking mga katuruan, 2 dahil ang haba ng mga
araw at mga taon ng buhay at kapayapaan ang idadagdag ng
mga ito sa iyo. 3 Huwag hayaang lisanin ka ng pagiging tapat
sa tipan at pagiging katiwa-tiwala, itali ito ng magkasama
sa iyong leeg, isulat ito sa kaloob-looban ng iyong puso. 4
Pagkatapos ikaw ay makakahanap ng pabor at mabuting
reputasyon sa paningin ng Diyos at ng tao. 5 Magtiwala
kay Yahweh ng buong puso at huwag umasa sa sarili mong
pang-unawa; 6 sa lahat ng iyong ginagawa ay kilalanin
siya at gagawin niyang matuwid ang iyong mga landas.
7 Huwag maging marunong sa iyong sariling mga mata;
matakot kay Yahweh at talikuran ang kasamaan. 8 Ito ay
kagalingan sa iyong laman at inuming makapagpanibagong
sigla para sa iyong katawan. 9 Parangalan si Yahweh ng
iyong kayamanan at ng mga unang bunga ng lahat ng iyong
ani, 10 at ang iyong mga kamalig ay mapupuno at ang iyong
mga bariles ay aapaw, puno ng bagong alak. 11 Aking anak,
huwag hamakin ang disiplina ni Yahweh at huwag mapoot
sa kaniyang pagsaway, 12 dahil dinidisiplina ni Yahweh
ang kaniyang mga minamahal, katulad ng pakikitungo ng
ama sa kaniyang anak na nakalulugod sa kaniya. 13 Siya
na nakasusumpong ng karunungan ay masaya, siya din
ay nakakuha ng kaunawaan. 14 Ang matatamo ninyo sa
karunungan ay mas mabuti kaysa sa maibibigay ng pilak
at ang pakinabang ay mas mabuti kaysa sa ginto. 15 Ang
karunungan ay mas mahalaga kaysa sa mga hiyas at wala sa
mga ninanais mo ang maikukumpara sa kaniya. 16 Mayroon
siyang haba ng mga araw sa kaniyang kanang kamay; sa
kaniyang kaliwang kamay ay mga kayamanan at karangalan.
17 Ang kaniyang mga daan ay mga daan ng kabaitan at lahat
ng kaniyang mga landas ay kapayapaan. 18 Siya ay isang
puno ng buhay sa mga humahawak dito, ang mga kumakapit
dito ay masasaya. 19 Sa pamamagitan ng karunungan
itinatag ni Yahweh ang mundo, sa pamamagitan ng pang-
unawa itinayo niya ang kalangitan. 20 Sa pamamagitan ng
kaniyang kaalaman, ang mga kailaliman ay bumukas at
ibinagsak ng mga ulap ang kanilang hamog. 21 Aking anak,
panatilihin ang mahusay na pagpapasya at talas ng pag-iisip,
at huwag mawala ang paningin sa mga ito. 22 Ang mga ito
ay buhay sa iyong kaluluwa at isang palamuti ng pabor para
isuot sa iyong leeg. 23 Pagkatapos ikaw ay lalakad sa iyong
daan sa kaligtasan at ang iyong paa ay hindi madarapa;
24 kapag ikaw ay humiga, hindi ka matatakot; kapag ikaw
ay humiga, ang iyong tulog ay magiging mahimbing. 25
Huwag matakot sa biglaang pagkakilabot o pagkawasak
na idinulot ng mga masasama, kapag dumating ang mga
ito, 26 dahil si Yahweh ay nasa iyong tabi at iingatan ang
iyong paa na huwag mahuli sa bitag. 27 Huwag ipagkait
ang mabuti sa mga karapat-dapat dito, kapag nasa iyong
kapangyarihan upang kumilos. 28 Huwag sabihin sa iyong
kapwa, "pumunta ka, at bumalik muli at bukas ibibigay ko
ito," kapag ang pera ay nasa iyo. 29 Huwag gumawa ng
plano para makasakit ng iyong kapwa— siya na nakatira
sa malapit at nagtitiwala sa iyo. 30 Huwag makipagtalo sa
isang tao ng walang dahilan, kapag wala siyang ginawa para
saktan ka. 31 Huwag kainggitan ang isang marahas na tao o
piliin ang kahit na ano sa kaniyang mga paraan. 32 Dahil ang
sinungaling na tao ay kasuklam-suklam kay Yahweh, nguniit
dinadala niya ang matuwid na tao sa kaniyang pagtitiwala.
33 Ang sumpa ni Yahweh ay nasa tahanan ng masasamang
tao, ngunit pinagpapala niya ang tahanan ng mga matuwid.
34 Kinukutya niya ang mga nangungutya, ngunit ibinibigay
niya ang kaniyang pabor sa mga taong may mababang
loob. 35 Ang mga marurunong na tao ay nagmamana nang
karangalan, ngunit ang mga hangal ay iaangat sa kanilang
kahihiyan.

**4** Makinig, mga anak na lalaki, sa tagubilin ng ama, at
bigyang pansin para malaman ninyo kung ano ang
pang-unawa. 2 Ibinibigay ko sa inyo ang mga mabuting
tagubilin; huwag ninyong pabayaan ang aking katuruan.
3 Nung ako ay anak na lalaki ng aking ama at tanging
anak ng aking ina, 4 tinuruan niya ako at sinabi sa akin,
"Panghawakan mong mabuti sa iyong puso ang aking
mga salita; panatilihin ang aking mga utos at ipamuhay. 5
Pagsumikapan na magkaroon ng karunungan at kaunawaan;
huwag kalilimutan at huwag tatanggihan ang mga salita
sa aking bibig; 6 huwag iiwanan ang karunungan at ikaw

ay kaniyang babantayan; mahalin mo ito at pananatilihin
kang ligtas. 7 Ang karunungan ay ang pinakamahalagang
bagay, kaya pagsumikapan ang karunungan at gamitin lahat
ng mayroon ka para ikaw ay maaaring makakuha nang
pang-unawa. 8 Pahalagahan ang karunungan at ikaw ay
kaniyang itataas; pararangalan ka kapag niyakap mo ito.
9 Ito ay maglalagay ng isang korona ng karangalan sa
iyong ulo; bibigyan ka nito ng isang magandang korona."
10 Makinig, aking anak, at pansinin ang aking mga salita,
at ikaw ay magkakaroon ng maraming mga taon sa iyong
buhay. 11 Papatnubayan kita sa daan ng karunungan;
pangungunahan kita sa matuwid na mga landas. 12 Kapag
ikaw ay lumalakad, walang hahadlang sa iyong daanan at
kapag ikaw ay tatakbo, hindi ka matitisod. 13 Kumapit ka sa
disiplina, huwag itong bibitawan; bantayan ito, dahil ito ay
iyong buhay. 14 Huwag sumunod sa landas ng masama
at huwag sumama sa kaparaanan ng mga gumagawa ng
masama. 15 Iwasan ito, ito ay huwag magpatuloy; tumalikod
mula dito at tumungo sa ibang daan. 16 Dahil hindi sila
nakakatulog hanggang sila ay makagawa ng masama at
nanakawan sila ng tulog hanggang sila ay magdulot ng
pagkatisod ng isang tao. 17 Dahil sila ay kumakain ng
tinapay ng kasamaan at iniinom ang alak ng karahasan. 18
Ngunit ang landas ng isang tao na gumagawa ng matuwid
ay katulad ng unang liwanag na patuloy na nagliliwanag; ito
ay lalong nagliliwanag hanggang sa kapunuan ng araw ay
dumating. 19 Ang daan ng masama ay katulad ng kadiliman-
hindi nila alam kung ano itong kanilang kinatitisuran. 20
Aking anak na lalaki, bigyang pansin ang aking mga salita;
makinig sa aking mga kasabihan. 21 Huwag hayaan silang
malayo mula sa iyong paningin; panatilihin sila sa iyong
puso. 22 Dahil ang aking mga salita ay buhay sa mga
nakakatagpo sa kanila at kalusugan sa kanilang buong
katawan. 23 Panatilihing ligtas ang iyong puso at bantayan
ito nang may buong sigasig, dahil mula dito dumadaloy ang
mga bukal ng buhay. 24 Ilayo ang baluktot na pananalita
mula sa iyo at ilayo ang maruruming salita mula sa iyo. 25
Hayaan mong tumingin nang tuwid ang iyong mga mata at
ipirmi ng tuwid ang iyong pagtitig sa harap mo. 26 Gumawa
ng isang patag na landas para sa iyong paa; sa gayon lahat
ng iyong mga daraanan ay magiging ligtas. 27 Huwag kang
liliko sa kanan o sa kaliwa; ipihit ang iyong paa palayo mula
sa kasamaan.

**5** Aking anak na lalaki, bigyang pansin ang aking
karunungan; makinig mabuti sa aking kaunawaan, 2
upang ikaw ay matuto tungkol sa mabuting pagpapasya, at
ang iyong mga labi ay maaaring pangalagaan ang kaalaman.
3 Sapagkat ang labi ng isang nangangalunyang babae ay
dinadaluyan ng pulot, at ang kaniyang bibig ay mas madulas
kaysa sa langis, 4 pero sa huli siya ay katulad ng halamang
mapait, humihiwa tulad ng isang matalim na espada. 5 Ang
kaniyang mga paa ay humahakbang papunta sa kamatayan;
at tumutungo papunta sa sheol. **(Sheol h7585)** 6 Hindi niya
binibigyang pansin ang landas ng buhay. Ang kaniyang
mga yapak ay gumagala; hindi niya alam kung saan siya
patungo. 7 At ngayon, aking mga anak, makinig sa akin;
huwag tumalikod mula sa pakikinig sa mga salita ng aking
bibig. 8 Lumayo kayo sa kaniyang landas, at huwag kayong
lumapit sa pintuan ng kaniyang bahay. 9 Sa ganoong paraan
hindi ninyo ipamimigay ang inyong karangalan sa iba o ang
mga taon ng inyong buhay sa isang malupit na tao; 10
ang mga taong hindi kilala ay hindi magdiriwang sa inyong
kayamanan; ang inyong pinaghirapan ay hindi mapupunta sa
bahay ng mga taong hindi kilala. 11 Sa katapusan ng inyong
buhay kayo ay dadaing kapag ang inyong laman at inyong
katawan ay nabulok. 12 Sasabihin ninyo, "Kinapopootan ko
ang disiplina at hinamak ng aking puso ang pagtatama! 13
Hindi ako sumunod sa aking mga guro o nakinig sa aking
mga tagapagturo. 14 Malapit na akong ganap na masira sa
gitna ng kapulungan, sa pagtitipon ng mga tao." 15 Uminom
ng tubig mula sa inyong sariling sisidlan, at uminom ng bukal
na tubig mula sa inyong sariling balon. 16 Dapat bang ang
inyong mga bukal ay umapaw sa lahat ng dako, at ang
inyong mga batis ng tubig ay umagos sa mga liwasang-
bayan? 17 Hayaan na ang mga ito ay sa inyo lamang, at
hindi para sa mga hindi kilalang taong kasama ninyo. 18
Nawa'y ang inyong bukal ay pagpalain, at nawa'y kayo ay
magalak sa asawa sa inyong kabataan. 19 Sapagkat siya
ay isang mapagmahal at kaaya-aya tulad ng usang babae.
Hayaan ninyo ang kaniyang dibdib ay punuin kayo ng galak
sa lahat ng panahon; laging maging bihag ng kaniyang
pag-ibig. 20 Sapagkat bakit ikaw, aking anak, ay dapat
na mabihag ng isang babaeng nangangalunya; bakit mo
kailangang yakapin ang dibdib ng isang hindi kilalang babae?
21 Nakikita ni Yahweh ang lahat ng ginagawa ng isang tao at
pinanonood ang lahat ng landas na kaniyang tinatahak. 22
Ang isang masamang tao ay mabibitag ng kaniyang sariling
mga kasalanan; ang mga lubid ng kaniyang kasalanan ay
pipigilan siya ng mahigpit. 23 Siya ay mamamatay dahil
kulang siya ng disiplina; siya ay iniliigaw ng kaniyang labis
na kamangmangan.

**6** Anak ko, kapag ikaw ay nagtabi ng pera bilang isang
pag-aako ng pagkakautang ng iyong kapit-bahay, kapag
nagbigay ka ng pangako sa pagkakautang ng isang tao na
hindi mo kilala, 2 kung gayon naglatag ka ng isang patibong
para sa iyong sarili sa pamamagitan ng iyong pangako, at
ikaw ay nahuli ng mga salita ng iyong bibig. 3 Kung gayon,
anak kong lalaki, gawin mo ito at iligtas mo ang iyong sarili,

dahil sa ikaw ay nasa habag ng iyong kapitbahay. Pumunta
ka at magpakumbaba ka ng iyong sarili at magsumamo
sa iyong kapitbahay na pakawalan ka. 4 Bigyan mo ang
iyong mga mata ng walang tulog at ang iyong talukap ng
walang pagkakaidlip. 5 Iligtas mo ang iyong sarili gaya ng
isang usa mula sa kamay ng mangangaso, katulad ng isang
ibon mula sa kamay ng tagahuli ng hayop. 6 Tingnan mo
ang langgam, ikaw na tamad na tao, pagmasdan mo ang
kaniyang mga pamamaraan, at maging matalino. 7 Wala
siyang tagapag-utos, opisyal, o tagapamahala, 8 gayon pa
man ay naghahanda siya ng pagkain sa tag-init, at habang
sa pag-aani ay nagtatabi ito ng kung ano ang kakainin.
9 Gaano katagal ka matutulog, ikaw na tamad na tao?
Kailan ka babangon mula sa iyong pagkatulog? 10 "Isa pang
kaunting pagtulog, isa pang kaunting pagkaidlip, isa pang
kaunting pagtiklop ng mga kamay upang magpahinga"—
11 at ang iyong kahirapan ay darating sa iyo gayang isang
magnanakaw at ang iyong pangangailangan gaya ng isang
armadong sundalo. 12 Ang isang walang kwentang tao—
isang masamang tao— namumuhay sa kabaluktutan ng
kaniyang salita, 13 pagkindat ng kaniyang mga mata,
gumagawa ng hudyat gamit ang kaniyang mga paa, at
pagturo ng kaniyang mga daliri. 14 Siya ay may balak na
masama na may daya sa kaniyang puso; palagi siyang
nag-uudyok ng pag-aalitan. 15 Kaya lulupigin siya sa isang
iglap ng kaniyang kapahamakan; sa isang sandali siya ay
masisira na higit sa kagalingan. 16 Mayroong anim na bagay
na kinamumuhian ni Yahweh, pito na kasuklam-suklam sa
kaniya: 17 Ang mga mata ng isang mapagmataas na tao,
ang isang dila na nagsisinungaling, ang mga kamay na
nagpapadanak ng dugo ng mga inosenteng tao, 18 isang
puso na lumikha ng mga masasamang balakid, mga paa na
mabilis tumakbo para gumawa ng masama, 19 isang saksi
na nagsasabi ng mga kasinungalingan, at ang isa na siyang
naghahasik ng alitan sa kaniyang mga kapatid. 20 Aking
anak na lalaki, sundin mo ang utos ng iyong ama, at huwag
mong talikdan ang katuruan ng iyong ina. 21 Palagi mong
igapos ang mga ito sa iyong puso; itali mo ang mga ito sa
iyong leeg. 22 Kapag ikaw ay lumakad, papatnubayin ka
ng mga ito; kapag ikaw ay natulog, pagmamasdan ka nila;
at kapag ikaw ay nagising, tuturuan ka nila. 23 Sapagkat
ang mga utos ay isang ilawan, at ang katuruan ay isang
liwanag; ang mga pagsaway ng disiplina ay ang mga daan
ng buhay. 24 Iingatan ka nito mula sa imoral na babae,
mula sa mapang-akit na mga salita ng nangangalunyang
babae. 25 Huwag kang magnasa sa iyong puso sa kaniyang
kagandahan, at huwag mo siyang hayaang mabihag ka ng
kaniyang mga pilik mata. 26 Ang pagtulog na kasama ang
isang bayarang babae ay maaaring kabayaran ng halaga
ng tinapay, pero ang babaeng asawa ng iba ay maaaring
kabayaran ng buhay mo mismo. 27 Kaya ba ng isang
lalaki na magbitbit ng apoy sa kaniyang dibdib na hindi
nasusunog ang kaniyang mga damit? 28 Kaya ba ng isang
lalake na lumakad sa ibabaw ng maiinit na mga uling na
hindi napapaso ang kaniyang mga paa? 29 Gayon din sa
lalakeng nakikiapid sa asawang babae ng kaniyang kapwa;
ang siyang natutulog kasama niya ay hindi maparusahan. 30
Hindi hinahamak ng mga tao na ang isang magnanakaw
kung siya ay nagnanakaw upang mabusog sa panahong
gutom siya. 31 Gayon pa man kapag siya ay nahuli, siya
ay magbabayad ng pitong beses kung ano ang kaniyang
ninakaw; kailangan niya isuko ang lahat ng mahahalagang
bagay sa kaniyang tahanan. 32 Ang isa na nagkasala ng
pangangalunya ay walang kaisipan; ang siyang gumagawa
nito ay sinisira ang kaniyang sarili. 33 Sugat at kahihiyan
ay nararapat sa kaniya, at ang kaniyang kasiraang puri
ay hindi maaalis. 34 Dahil ang pagseselos ay ginagawang
galit na galit ang isang lalaki; kapag siya ay gumanti hindi
siya magpapakita ng awa. 35 wala siyang tatanggaping
kabayaran, at hindi siya mabibili, kahit maghandog ka ng
maraming regalo sa kaniya.

7 Aking anak na lalaki, sundin ang aking mga salita at
ipunin ang aking mga utos sa iyong kalooban. 2 Sundin
ang aking mga utos upang mabuhay at sundin ang aking
tagubilin tulad ng mansanas sa iyong paningin. 3 Itali ang
mga ito sa iyong mga daliri; isulat ang mga ito sa talaan
ng iyong puso. 4 Sabihin sa karunungan, "Ikaw ang aking
kapatid na babae," at tawagin ang kaunawaan na inyong
kamag-anak, 5 upang ikaw ay ilayo mula sa mapanuksong
babae, mula sa babaeng mapangalunya kasama ng kaniyang
mapang-akit na mga salita. 6 Sa bintana ng aking bahay
ay tumitingin ako sa pamamagitan ng dungawan 7 at
aking nakita ang karamihan ng batang lalaki na hindi pa
natuturuan. Nakita ko sa karamihan ng kabataan ang isang
batang lalaking na wala sa kaisipan. 8 Ang batang lalaking
iyon ay naglalakad sa kalye malapit sa sulok ng kaniyang
kalye at siya ay tumuloy patungo sa kaniyang bahay— 9
iyon ay takip-silim, sa gabi ng araw na iyon, sa oras ng gabi
at kadiliman. 10 At doon kinatagpo siya ng isang babae,
nakadamit tulad ng isang bayarang babae at alam niya
kung bakit siya naroon. 11 Siya ay maingay at magulo, ang
kaniyang mga paa ay hindi mapanatili sa tahanan— 12
ngayon nasa mga kalye, ngayon nasa pamilihan, at bawat
sulok siya ay nag-aabang. 13 Kaya siya ay hinawakan
niya at pinaghahalikan, na may katapangang mukha, sinabi
niya sa kaniya, 14 natupad ko ang handog ng kapayapaan
ngayon, naibigay ko ang aking mga panata, 15 kaya lumabas
ako para makita ka, kinasasabikan ko na makita ang iyong

mukha, at ikaw ay aking natagpuan. 16 Inilatag ko ang mga
panakip sa aking higaan, mga linong makukulay mula sa
Egipto. 17 Pinabanguhan ko ang aking higaan ng mira, mga
aloe, at kanela. 18 Halina't, hayaang umapaw ang ating
pagmamahalan hanggang umaga; hayaan nating makakuha
tayo ng labis na ligaya sa iba't ibang gawi ng pagtatalik. 19
Ang aking asawa ay wala sa bahay; siya ay nasa malayo
sa isang matagal na paglalakbay. 20 May dala siyang
isang supot ng pera sa kaniya; siya ay babalik sa araw ng
kabilugan ng buwan." 21 Sa kaniyang mapang-akit na salita
ay hinihikayat siya, at sa kaniyang mahusay na pagsasalita
siya ay mapipilit niya. 22 Sumunod siya sa kaniya na tulad
ng isang bakang lalaki na papunta sa katayan, o tulad ng
isang usa na nahuli sa isang patibong 23 hanggang ang
isang palaso ay tumatagos sa kaniyang atay— o katulad ng
ibong sumusugod sa isang patibong, hindi alam na ito ang
magiging kabayaran ng kaniyang buhay. 24 At ngayon, ang
aking mga anak na lalaki, makinig sa akin; bigyang pansin
kung ano ang aking sinasabi. 25 Huwag ninyong hayaan
ang inyong puso na lumihis sa kaniyang mga kaparaanan;
huwag maligaw sa kaniyang mga landas. 26 Maraming
biktima ang nadala niya pababa; hindi sila mabilang. 27 Ang
kaniyang bahay ay daan patungo sa sheol; ito ay patungo
pababa sa mga silid ng kamatayan. **(Sheol h7585)**

**8** Hindi ba nananawagan ang Karunungan? Hindi ba
itinataas ng Pang-unawa ang kaniyang tinig? 2 Sa
mga taluktok ng bundok sa tabi ng daan, sa mga daang
nagsasalubong, ang Karunungan ay naninindigan. 3 Sa tabi
ng mga pasukan sa lungsod, malapit sa tarangkahan ng
mga lungsod, siya ay nananawagan. 4 Mga mamamayan,
tinatawag ko kayo at itinataas ko ang aking tinig sa mga
anak ng sangkatauhan. 5 Kayong mga hindi naturuan,
dapat ninyong maintindihan ang katalinuhan at kayong
kinasusuklaman ang kaalaman, kayo ay dapat magkaroon ng
isang maunawaing puso. 6 Makinig kayo at magsasalita ako
ng mga marangal na bagay at kapag bumuka ang aking
mga bibig ay sasabihin ko kung ano ang tama— 7 dahil ang
aking bibig ay nagsasalita kung ano ang mapagkakatiwalan,
at ang aking mga labi ay napopoot sa kasamaan. 8 Lahat
ng mga salita sa aking bibig ay makatarungan; walang
baluktot at nakaliligaw sa kanila. 9 Ang lahat ng aking
mga salita ay matuwid para sa nakakaunawa; ang mga
salita ko ay matuwid sa mga nakatatagpo ng kaalaman. 10
Piliin ninyo ang aking katuruan kaysa sa pilak at kaalaman
kaysa purong ginto. 11 Dahil ako, ang Karunungan, ay mas
mabuti kaysa sa mga hiyas; wala sa inyong ninanais ang
maaaring maihalintulad sa akin. 12 Ako, ang Karunungan,
ay namumuhay nang may Kabaitan, at aking taglay ang
kaalaman at kahinahunan. 13 Ang pagkatakot kay Yahweh
ay para kapootan ang kasamaan — kinapopootan ko ang
pagmamataas at kayabangan, ang masamang paraan, at
malaswang pananalita — kinapopootan ko sila. 14 Mayroon
akong mabuting payo at maayos na karunungan; mayroon
akong mahusay na pananaw, at taglay ko ang kalakasan.
15 Sa pamamagitan ko, ang mga hari ay naghahari—pati
na taong mararangal, at lahat ng mga namumuno ng
makatarungan. 16 Sa pamamagitan ko, ang mga prinsipe ay
naghahari at ang mga mararangal at lahat ng namamahala
nang may katarungan. 17 Mahal ko silang mga nagmamahal
sa akin, at silang mga masisipag na humahanap sa akin
ay matatagpuan ako. 18 Nasa akin ang mga kasaganaan
at karangalan, walang maliw na kayamanan at katuwiran.
19 Ang aking bunga ay mas mabuti pa kaysa ginto, mas
mabuti pa kahit sa pinong ginto; ang aking ibinibigay ay mas
mabuti pa sa purong pilak. 20 Lumalakad ako sa daan na
matuwid, sa mga landas na patungo sa katarungan, 21
para makapagbigay ako ng pamana sa mga nagmamahal
sa akin at punuin ang kanilang mga imbakan ng yaman.
22 Nilikha ako ni Yahweh mula pa noong pasimula —
ang una sa kaniyang mga ginawa noong unang panahon.
23 Mula pa noong unang panahon, inilagay na ako sa
pagkalalagyan—mula ng una, mula pa sa pasimula ng
mundo. 24 Bago pa magkaroon ng mga karagatan, ako ay
isinilang na—bago pa magkaroon ng mga bukal na may
masaganang tubig, bago pa ilagay ang mga bundok, 25
at bago pa ang mga burol, ako ay ipinanganak na. 26
Ipinanganak na ako bago pa likhain ni Yahweh ang lupa
o mga bukirin, o kahit ang unang alikabok sa mundo. 27
Naroon na ako nang naitatag niya ang kalangitan, nang
kaniyang ginuhit ang hangganan sa ibabaw ng kailaliman.
28 Naroon na ako nang naitatag niya ang mga kalangitan sa
itaas at nang ginawa niya ang mga bukal sa kalaliman. 29
Naroon na ako nang ginawa niya ang hangganan para sa
dagat, kaya ang katubigan ay hindi kumalat lagpas kung
saan niya iniutos, at kung saan niya inutos ilagay ang mga
pundasyon ng lupa. 30 Ako ay nasa tabi niya, bilang isang
dalubhasang manggagawa, at ako ang kanyang kasiyahan
sa araw araw, laging nagagalak sa harap niya. 31 Nagagalak
ako sa kanyang buong daigdig, at ang kasiyahan ko ay nasa
sangkatauhan. 32 At ngayon, aking mga anak na lalaki,
makinig kayo sa akin, dahil silang mga nananatili sa aking
mga pamamaraan ay magiging masaya. 33 Makinig kayo
sa aking katuruan at maging marunong; huwag kaligtaan
ito. 34 Ang siyang nakikinig sa akin ay magiging masaya
— nagmamasid bawat araw sa aking mga tarangkahan,
naghihintay sa akin sa tabi ng mga pintuan ng aking tahanan.
35 Dahil ang sinumang nakakatagpo sa akin ay nakakatagpo
ng buhay, at matatagpuan niya ang kagandahang loob ni

Yahweh. 36 Pero siya na nabibigong matagpuan ako ay pinapahamak ang kaniyang sarili; ang lahat ng namumuhi sa akin ay umiibig sa kamatayan."

**9** Ang karunungan ay nagtayo ng kaniyang tahanan; nag-ukit siya ng pitong mga poste mula sa bato. 2 Hinanda niya ang mga karne niya para ihain sa hapunan; hinalo niya ang kaniyang alak; at inihanda niya ang kaniyang hapag-kainan. 3 Nagpadala siya ng mga paanyaya kasama ang mga lingkod niyang babae at tumatawag siya mula sa pinakamataas na dako ng lungsod: 4 "Hayaan ang mga hindi naturuan na lumapit dito!" sinasabi niya roon sa mga walang alam. 5 "Lumapit kayo, kainin ninyo ang aking pagkain, at inumin ang alak na aking hinalo. 6 Iwanan na ninyo ang mga kaparaanan ng kamangmangan upang kayo ay mabuhay; lumakad sa daan ng pang-unawa. 7 Kung sinuman ang magtama ng mangungutya ay nag-aanyaya ng pag-abuso, at kung sinuman ang magtuwid ng masamang tao ay masasaktan. 8 Huwag sawayin ang mangungutya, o kamumuhian ka niya; magtuwid ng matalinong tao, at mamahalin ka niya. 9 Magbigay ng gabay sa matalinong tao, at siya ay magiging mas matalino; turuan ang matuwid na tao, at dadagdag ang kaniyang pagkatuto. 10 Ang takot kay Yahweh ang simula ng karunungan, at ang kaalaman sa Isang Banal ay kaunawaan. 11 Dahil sa pamamagitan ko ang mga araw mo ay dadami, at dadagdag ang taon ng buhay mo. 12 Kung matalino ka, matalino ka para sa sarili mo, pero kung mangungutya ka, dadalhin mo ito nang mag-isa." 13 Ang isang mangmang na babae ay maingay—hindi siya naturuan at wala siyang alam. 14 Nauupo siya sa pinto ng bahay niya, sa upuan ng pinakamataas na lugar ng bayan. 15 Tinatawag niya ang mga taong dumadaan, ang mga taong naglalakad ng tuwid sa kanilang daan. 16 "Hayaan ang mga hindi naturuan na lumapit dito" sinasabi niya doon sa mga walang alam. 17 "Ang ninakaw na tubig ay matamis, at ang tinapay na kinain ng palihim ay kaaya-aya." 18 Pero hindi niya alam na nandoon ang mga patay, na ang mga panauhin niya ay nasa kailaliman ng sheol. **(Sheol h7585)**

**10** Ang mga kawikaan ni Solomon. Ang isang marunong na anak ay ikinagagalak ng kaniyang ama ngunit ang isang hangal na anak ay nagdadala ng pighati sa kaniyang ina. 2 Ang mga yamang naipon sa pamamagitan ng kasamaan ay walang halaga, ngunit ang paggawa ng kung ano ang tama ay naglalayo sa kamatayan. 3 Hindi hinahayaan ni Yahweh na magutom ang mga gumagawa ng masama, ngunit kaniyang binibigo ang mga pagnanasa ng masama. 4 Ang kamay na tamad ay nagdudulot sa isang tao para maging mahirap, ngunit ang kamay ng masipag na tao ay magtatamo ng kayamanan. 5 Ang marunong na anak ay magtitipon ng pananim sa tag-araw, ngunit kahihiyan sa kaniya para matulog habang anihan. 6 Ang mga kaloob mula sa Diyos ay nasa isipan ng mga gumagawa ng tama, ngunit ang bibig ng masama ay pinagtatakpan ang karahasan. 7 Ang taong gumagawa ng tama ay natutuwa tuwing siya ay ating naiisip ang tungkol sa kaniya, ngunit ang pangalan ng masama ay mabubulok. 8 Silang mga maunawain ay tumatanggap ng mga utos, ngunit ang isang madaldal na hangal ay mapapahamak. 9 Ang siyang lumalakad sa katapatan ay lumalakad sa kaligtasan, subalit ang isa na gumagawa ng kabuktutan, siya ay malalantad. 10 Siya na kumikindat ang mata ay nagdudulot ng kalungkutan, ngunit ang isang madaldal na hangal ay masisira. 11 Ang bibig ng gumagawa ng tama ay isang bukal ng buhay, ngunit ang bibig ng masama ay nagtatago ng karahasan. 12 Ang galit ay nagpapasimula ng mga kaguluhan, subalit ang pag-ibig ay matatakpan ang lahat ng pagkakasala. 13 Ang karunungan ay matatagpuan sa labi ng isang taong marunong umunawa, ngunit ang isang pamalo ay para sa likod ng isang walang pang-unawa. 14 Ang mga taong marunong ay nag-iipon ng kaalaman, ngunit ang bibig ng isang hangal ay nagpapalapit ng kapahamakan. 15 Ang kayamanan ng isang mayamang tao ay ang kaniyang pinatibay na lungsod, ang kasalatan ng mahirap ay kanilang pagkawasak. 16 Ang kabayaran ng mga gumagawa ng tama ay patungo sa buhay; ang pakinabang ng masama ay patungo sa kasalanan. 17 Doon ay may isang daan sa buhay para sa isang sumusunod sa disiplina, ngunit ang tumatanggi sa pagpuna ay inaagos sa pagkaligaw. 18 Ang sinumang magtago ng pagkagalit ay may mga sinungaling na labi, at sinumang magkalat ng paninirang puri ay isang hangal. 19 Kung maraming salita, pagkakasala ay hindi nagkukulang, ngunit ang siyang nag-iingat sa kaniyang sasabihin ay isang matalino 20 Ang dila na siyang gumagawa nang matuwid ay purong pilak; ito ay may maliit na halaga sa puso ng masama. 21 Ang mga labi ng isa na gumagawa ng tama ay nagpapalusog ng marami, ngunit ang mga mangmang ay mamamatay dahil sa kakulangan ng kanilang pang-unawa. 22 Ang mga mabuting kaloob ni Yahweh ay nagdadala ng kayamanan at hindi ito nagdagdag ng sakit. 23 Ang kasamaan ay laro ng isang hangal, ngunit ang karunungan ay isang kasiyahan para sa isang tao ng may pang-unawa. 24 Ang takot ng masama ay sasaklawan siya, ngunit ang pagnanais ng isang matuwid ay ibibigay. 25 Ang masama ay tulad ng isang bagyo na dumadaan, at sila ay wala na, ngunit silang gumagawa ng tama ay isang pundasyon na magtatagal kailanman. 26 Tulad ng suka sa ngipin at usok sa mata, ganoon din ang batugan na nagpadala sa kaniya. 27 Ang takot kay Yahweh nagpapahaba ng buhay, ngunit ang mga taon ng masama

ay mapapaiksi. **28** Ang pag-asa ng mga gumagawa ng
tama ay kanilang kagalakan, ngunit ang mga taon ng mga
masama ay mapapaiksi. **29** Ang paraan ni Yahweh ay nag-
iingat sa kanila na may katapatan, ngunit ito ay pagkawasak
para sa masama. **30** Silang mga gumagawa ng tama ay
hindi kailanman maibabagsak, ngunit ang masama ay hindi
mananatili sa lupain. **31** Mula sa bibig ng mga gumagawa
ng tama ay dumarating ang bunga ng karunungan, ngunit
ang masamang dila ay mapuputol. **32** Alam ng mga labing
gumagawa nang tama kung ano ang katanggap-tanggap,
ngunit ang bibig ng masama ay alam kung ano ang masama

**11** Kinapopootan ni Yahweh ang timbangang hindi tama,
ngunit siya ay nagagalak sa wastong timbang. **2** Kapag
dumating ang pagmamataas, saka dumarating ang kahihiyan,
pero sa kapakumbabaan dumarating ang karunungan. **3**
Ang katapatan ng matuwid ay gumagabay sa kanila, pero
ang mga baluktot na pamamaraan ng mga taksil ay sumisira
sa kanila. **4** Ang kayamanan ay walang halaga sa araw
nang matinding kapootan, pero ang paggawa ng matuwid
ay maglalayo sa iyo mula sa kamatayan. **5** Ang matuwid
na pag-uugali ng taong walang kapintasan ay ginagawang
matuwid ang kaniyang daan, pero ang masama ay babagsak
dahil sa kaniyang sariling kasamaan. **6** Ang matuwid na
pag-uugali ng mga nakalulugod sa Diyos ang siyang nag-
iingat sa kanila, pero ang taksil ay nabitag ng kanilang
sariling mga pagnanasa. **7** Kapag ang taong masama ay
namatay, ang kaniyang pag-asa ay mamamatay, at ang pag-
asa na naging kaniyang kalakasan ay mapupunta sa wala. **8**
Ang isang taong gumagawa ng tama ay laging nailalayo sa
kaguluhan, at sa halip ito ay dumarating sa mga masasama.
**9** Sinisira ng bibig ng mga walang Diyos ang kaniyang
kapwa, ngunit sa pamamagitan ng kaalaman ang mga
gumagawa ng tama ay pinanatiling ligtas. **10** Kapag ang mga
gumagawa ng tama ay sumasagana, ang isang lungsod ay
nagdiriwang; kapag ang masama ay namatay; ay may mga
sigaw ng kagalakan. **11** Sa pamamagitan ng mabubuting
mga kaloob ng mga nakalulugod sa Diyos, ang lungsod ay
magiging tanyag; sa bibig ng mga masasama, ang lungsod
ay mawawasak. **12** Ang taong may paghamak sa kaniyang
kaibigan ay walang ulirat, pero ang isang may pang-unawa
ay tumatahimik. **13** Sinumang tao na patuloy na naninirang
puri ay nagbubunyag ng mga lihim, ngunit ang isang taong
tapat ay laging iniingatang pagtakpan ang isang bagay.
**14** Kung saan walang matalinong direksiyon, ang isang
bansa ay bumabagsak, pero ang tagumpay ay dumarating
sa pagsangguni sa maraming tagapayo. **15** Sinumang
mananagot sa utang ng isang hindi niya kilala ay tiyak
na mapapahamak, pero ang isa na siyang kinapopootang
magbigay ng isang garantiya sa ganiyang uri ng pangako
ay ligtas. **16** Makakamit ng isang mahabaging babae ang
karangalan ngunit ang mga taong walang habag ay mahigpit
na kakapit para sa kayamanan. **17** Ang isang mabait na tao
ay makikinabang sa kanyang sarili, pero ang isang taong
malupit ay sinasaktan ang kaniyang sarili. **18** Ang taong
masama ay nagsisinungaling para makuha ang kaniyang
kabayaran, pero ang isang nagtatanim ng kung ano ang tama
ay mag-aani ng kabayaran ng katotohanan. **19** Ang isang
taong tapat na gumagawa kung ano ang tama ay mabubuhay,
pero ang isa na humahabol sa masama ay mamamatay. **20**
Si Yahweh ay napopoot sa mga pusong tiwali, pero siya
ay nagagalak sa kanila na kung saan ang pamamaraan
ay walang kapintasan. **21** Maging tiyak dito—ang mga
taong masama ay hindi maaaring hindi maparusahan, pero
ang mga kaapu-apuhan ng mga gumagawa ng tama ay
mananatiling ligtas. **22** Katulad ng isang gintong singsing
sa ilong ng baboy ang isang magandang babae na walang
hinahon. **23** Ang hangarin ng mga yaong gumagawa ng
tama ay nagbubunga ng mabuti, pero ang masamang mga
tao ay makaka-asa lamang sa matinding galit. **24** May isa na
siyang naghahasik ng binhi—siya ay makaiipon nang higit
pa; ang isa pa ay hindi naghahasik—siya ay darating sa
kahirapan. **25** Ang taong mapagbigay ay sasagana, at ang
isa na siyang nagbibigay ng tubig sa iba ay magkakaroon ng
tubig para sa kaniyang sarili. **26** Sinusumpa ng mga tao
ang taong ayaw magbenta ng butil, pero ang mabuting mga
kaloob ay kumu-korona sa ulo ng nagbebenta nito. **27** Ang
isa na nagsisipag na hanapin ang mabuti ay naghahanap
din ng kagandahang-loob, pero ang isa na naghahanap sa
masama ay makatatagpo nito. **28** Sila na nagtitiwala sa
kanilang kayamanan ay babagsak, pero tulad ng dahon,
sila na gumagawa ng tama ay lalago. **29** Ang isa na siyang
nagdadala ng gulo sa kaniyang sariling sambahayan ay
magmamana ng hangin, at ang mangmang ay magiging
isang alipin sa matalinong puso. **30** Sila na gumagawa ng
tama ay tulad ng isang puno ng buhay, pero ang karahasan
ay bumabawi ng mga buhay. **31** Kung sila na gumagawa ng
matuwid ay tumatanggap kung ano ang karapat-dapat sa
kanila, paano pa kaya ang masama at ang makasalanan!

**12** Sinumang umiibig sa disiplina ay iniibig ang kaalaman,
pero sinumang namumuhi sa pagtatama ay mangmang.
**2** Nagbibigay si Yahweh ng pabor sa mabuting tao, pero
pinarurusahan niya ang taong gumagawa ng masasamang
plano. **3** Ang isang tao ay hindi tatatag sa pamamagitan
ng kasamaan, pero silang gumagawa ng katuwiran ay
hindi mabubunot kailanman. **4** Ang isang karapat-dapat na
asawang babae ay korona ng kaniyang asawang lalaki, ngunit
ang babaeng nagdadala nang kahihiyan ay tulad ng isang
sakit na sumisira ng kaniyang mga buto. **5** Ang mga balakin

ng lahat ng gumagawa ng tama ay makatarungan, ngunit ang
payo ng masasama ay mapanlinlang. 6 Ang mga salita ng
masasamang tao ay bitag na nakaabang ng pagkakataong
pumatay, ngunit ang mga salita ng matutuwid ang siyang
nag-iingat sa kanila. 7 Ang masasama ay bumabagsak at
naglalaho, pero ang bahay ng mga taong gumagawa ng
tama ay mananatili. 8 Pinupuri ang isang tao sa kaniyang
karunungan, ngunit sinumang gumagawa ng baluktot na
mga pagpili ay kinamumuhian. 9 Mas mabuti na magkaroon
ng mababang katayuan—ang maging isang lingkod lamang,
kaysa ang magmalaki patungkol sa iyong katayuan ngunit
walang namang makain. 10 Nagmamalasakit ang matuwid
sa pangangailangan ng kaniyang alagang hayop, pero
maging ang habag ng masasama ay kalupitan. 11 Sinumang
nagbubungkal ng kaniyang lupain ay magkakaroon ng
kasaganaan ng pagkain, pero sinumang naghahabol ng mga
proyektong walang halaga ay hindi nag-iisip. 12 Hinahangad
ng masama ang mga ninakaw ng makasalanan mula sa
iba, pero ang bunga ng mga matuwid ay galing sa kanilang
mga sarili. 13 Ang masamang tao ay nabibitag ng kaniyang
masamang pananalita, pero ang mga taong gumagawa
ng tama ay nakaliligtas sa kapahamakan. 14 Mula sa
bunga ng kaniyang mga salita, ang tao ay napupuno ng
mabuting mga bagay, tulad ng paggagantimpala ng mga
kamayy niyang nagtatrabaho. 15 Ang kaparaanan ng isang
mangmang ay tama sa kaniyang paningin, pero ang taong
may karunungan, sa payo ay nakikinig. 16 Ang mangmang ay
kaagad nagpapakita ng galit, pero ang nagsasawalang-kibo
sa insulto ay maingat. 17 Sinumang nagsasabi ng totoo ay
nagsasalita ng tama, pero ang bulaang saksi ay nagsasabi
ng kasinungalingan. 18 Ang mga salitang padalos-dalos ay
tulad ng saksak ng isang espada, pero ang dila ng matalino,
kagalingan ang dinadala. 19 Ang makatotohanang mga labi
ay tumatagal habang-buhay, pero ang sinungaling na dila
ay panandalian lamang. 20 Mayroong panlilinlang sa puso
ng mga taong nagbabalak ng kasamaan, pero kagalakan
ang dumarating sa mga tagapagpayo ng kapayapaan. 21
Walang karamdaman ang dumarating sa mga matuwid, pero
ang masasama ay puno ng paghihirap. 22 Galit si Yahweh
sa sinungaling na mga labi, pero ang mga namumuhay
nang tapat ay ang kasiyahan ng Diyos. 23 Itinatago ng
taong maingat ang kaniyang kaalaman, pero ang puso ng
hangal ay sumisigaw ng kamangmangan. 24 Ang kamay ng
matiyaga ay maghahari, pero ang tamad ay sasailalim sa
sapilitang pagtatrabaho. 25 Ang pangamba sa puso ng tao ay
nagpapabigat sa kaniya, ngunit nagpapagalak ang mabuting
salita. 26 Ang matuwid ay gabay sa kaniyang kaibigan, pero
ang paraan ng masama ay nag-aakay sa kanila sa lihis na
daan. 27 Ang mga tamad ay hindi niluluto ang kanilang
sariling huli, pero ang matiyaga ay magkakaroon pa ng
yamang natatangi. 28 Ang mga lumalakad sa tamang daan,
buhay ang nasusumpungan at sa kaniyang landas ay walang
kamatayan.

**13** Ang matalinong anak ay nakikinig sa tagubilin ngunit
ang manunuya ay hindi makikinig sa pagtutuwid. 2
Mula sa bunga ng kaniyang bibig, sa mga mabubuting bagay
ang isang tao ay nasisiyahan, pero ang gana ng taksil ay para
sa karahasan. 3 Ang binabantayan ang kaniyang bibig ay
pinapangalagaan ang kaniyang buhay, pero sisirain ang sarili
nang nagbubukas ng labi ng maluwang. 4 Ang gana ng taong
tamad ay nananabik nang labis pero walang makukuha,
pero ang gana ng mga taong masisipag ay masisiyahan
nang masagana. 5 Napopoot sa mga kasinungalingan ang
siyang gumagawa ng tama, pero ang isang masamang tao
ay ginagawang kamuhi-muhi ang sarili, at ginagawa niya
kung ano ang kahiya-hiya. 6 Silang walang kapintasan sa
kanilang landas ay ipinagtatanggol ng katuwiran, ngunit ang
kasamaan ay inililigaw ang mga gumagawa ng kasalanan. 7
May isang tao na pinayayaman ang sarili, pero halos walang-
wala, at may isang tao na pinamimigay ang lahat ng bagay,
pero siyang tunay na masagana. 8 Ang taong mayaman ay
maaaring tubusin ang kaniyang buhay sa pamamagitan ng
kaniyang mga ari-arian, pero ang taong mahirap ay hindi
makatatanggap ng ganiyang uri ng pagbabanta kailanman.
9 Ang ilaw nang gumagawa ng matuwid ay nagsasaya, pero
papatayin ang lampara ng masama. 10 Ang pagmamataas
ay nagbubunga lamang ng pag-aaway-away, pero mayroong
karunungan para sa mga nakikinig ng mabuting payo.
11 Ang kayamanan ay nauubos kapag mayroong labis
na kalayawan, pero ang siyang kumikita ng salapi sa
pamamagitan ng pagtatrabaho gamit ang kaniyang kamay
ay mapapalago ang kaniyang salapi. 12 Kapag ang pag-
asa ay ipinagpaliban, dinudurog nito ang puso, pero ang
isang natupad na pananabik ay isang puno ng buhay.
13 Ang nagsasawalang-bahala ng tagubilin ay magiging
sakop pa rin nito, pero ang nagpaparangal sa utos ay
gagantimpalaan. 14 Ang katuruan ng isang matalinong tao ay
bukal ng buhay, ilalayo ka mula sa patibong ng kamatayan.
15 Kagandahang-loob ang tinatamo ng mabuting pananaw,
pero ang daan ng taksil ay walang katapusan. 16 Ang
taong marunong ay kumikilos sa bawat pagpapasya mula sa
kaalaman, pero pinapangalandakan ng isang mangmang
ang kaniyang kamangmangan. 17 Ang isang masamang
tagapagbalita ay nahuhulog sa gulo, pero ang isang tapat na
sugo ay nagdadala ng pagkakasundo. 18 Magkakaroon ng
kahirapan at kahihiyan ang hindi pumapansin sa disiplina,
pero karangalan ang darating sa kaniya na natututo mula
sa pagtutuwid. 19 Ang pananabik na nakamit ay matamis

sa gana ng panlasa, pero ang mangmang ay nasusuklam
na tumalikod mula sa masama. 20 Lumakad kasama
ang mga matatalinong tao at ikaw ay magiging matalino,
pero ang kasamahan ng mga mangmang ay magdurusa
ng kapamahakan. 21 Sakuna ang humahabol sa mga
makasalanan, pero silang mga gumagawa ng tama ay
gagantimpalaan ng kabutihan. 22 Nag-iiwan ng mana para sa
kaniyang mga apo ang taong mabuti, pero ang kayamanan
ng makasalanan ay inipon para sa gumagawa ng matuwid.
23 Ang hindi pa nabubungkal na bukirin na pag-aari ng
mahirap ay maaaring magbunga ng maraming pagkain, pero
ito ay natangay dahil sa kawalan ng katarungan. 24 Ang hindi
dinidisiplina ang kaniyang anak ay napopoot dito, pero ang
nagmamahal sa kaniyang anak ay maingat na disiplinahin
ito. 25 Ang gumagawa ng tama ay kumakain hanggang
masiyahan ang kaniyang gana, pero laging nagugutom ang
tiyan ng masama.

**14** Ang marunong na babae ay nagtatayo ng kaniyang
bahay, ngunit ang hangal na babae ay sinisira ito
ng kaniyang sariling mga kamay. 2 Ang lumalakad ng
matuwid ay may takot kay Yahweh, ngunit ang hindi tapat
sa kaniyang pamumuhay ay hinahamak siya. 3 Mula sa
bibig ng isang hangal ay lumalabas ang isang sanga ng
kaniyang pagmamataas, ngunit ang mga labi ng marunong
ay iingatan sila. 4 Kung saan walang baka ang sabsaban
ay malinis, ngunit ang isang masaganang pananim ay
maaaring dumating sa pamamagitan ng lakas ng isang
baka. 5 Ang tapat na saksi ay hindi nagsisinungaling, ngunit
ang huwad na saksi ay nabubuhay sa kasinungalingan. 6
Ang nangungutya ay naghahanap ng karunungan at walang
makita, ngunit ang kaalaman ay madaling dumating sa
taong may pang-unawa. 7 Umiwas mula sa isang taong
hangal, dahil ikaw ay hindi makakakita ng kaalaman sa
kaniyang mga labi. 8 Ang karunungan ng taong maingat ay
para maunawaan ang kaniyang sariling paraan, ngunit ang
kamangmangan ng mga hangal ay panlilinlang. 9 Ang mga
hangal ay nangungutya kapag ang handog sa pagkakasala
ay inialay, ngunit sa matuwid ang kagandahang-loob ay
ibinabahagi. 10 Alam ng puso ang sarili niyang kapaitan, at
walang sinuman ang nakikibahagi sa kagalakan nito. 11
Ang bahay ng mga taong masama ay wawasakin, ngunit
ang tolda ng taong matuwid ay sasagana. 12 Mayroong
isang landas na tila tama sa isang tao, ngunit ang dulo
nito ay naghahatid lamang sa kamatayan. 13 Ang puso
ay maaaring tumawa ngunit nananatiling nasasaktan, at
ang kagalakan ay maaaring magtapos sa kapighatian.
14 Ang hindi tapat ay makukuha kung ano ang karapat-
dapat sa kaniyang pamumuhay, ngunit ang taong mabuti ay
makukuha kung ano ang kaniya. 15 Ang hindi naturuan ay
naniniwala sa lahat ng bagay, ngunit ang taong maingat,
iniisip ang kaniyang mga hakbang. 16 Ang marunong ay
may takot at lumalayo mula sa kasamaan, ngunit ang hangal
ay panatag na hindi pinapansin ang babala. 17 Ang isang
madaling magalit ay nakagagawa ng mga kahangalan,
at ang tao na gumagawa ng masasamang pamamaraan
ay kinamumuhian. 18 Ang mga taong hindi naturuan ay
magmamana ng kahangalan, ngunit ang taong maingat
ay napapaligiran ng kaalaman. 19 Ang mga masasama
ay yuyuko sa harap ng mabubuti, at ang mga masama ay
luluhod sa tarangkahan ng mga matuwid. 20 Ang mahihirap
ay kinamumuhian kahit ng kaniyang sariling mga kasamahan,
ngunit ang mga mayayaman ay maraming kaibigan. 21 Ang
isang nagpapakita ng paghamak sa kaniyang kapwa ay
nagkakasala, ngunit ang isang nagpapakita ng kagandahang-
loob para sa mahirap ay masaya. 22 Hindi ba ang mga
nagbabalak ng masama ay naliligaw? Ngunit ang mga
nagbabalak na gumawa ng mabuti ay makatatanggap nang
katapatan sa tipan at pagtitiwala. 23 Sa lahat ng mahirap na
gawain ay may darating na kapakinabangan, ngunit kung
puro salita lamang, ito ay hahantong sa kahirapan. 24 Ang
korona ng mga taong marunong ay ang kanilang kayamanan,
ngunit ang kamangmangan ng mga hangal ay nagdadala ng
lalong maraming kahangalan. 25 Ang matapat na saksi ay
naglilitas ng mga buhay, ngunit ang isang huwad na saksi ay
nabubuhay sa kasinungalingan. 26 Kapag ang isang tao ay
takot kay Yahweh, siya rin ay may higit na tiwala sa kaniya;
ang mga bagay na ito ay magiging katulad ng isang matatag
na lugar na proteksyon para sa mga anak ng taong ito. 27
Ang pagkatakot kay Yahweh ay isang bukal ng buhay, para
ang tao ay makalayo mula sa patibong ng kamatayan. 28
Ang kaluwalhatian ng hari ay matatagpuan sa malaking
bilang ng kaniyang mga tao, ngunit kung walang mga tao
ang prinsipe ay napapahamak. 29 Ang matiyaga ay may
malawak na pang-unawa, ngunit ang taong mabilis magalit
ay itinataas ang kamangmangan. 30 Ang pusong panatag
ay buhay para sa katawan, ngunit ang inggit ay binubulok
ang mga buto. 31 Ang isang nagmamalupit sa mahihirap
ay isinusumpa ang kaniyang Maykapal, ngunit ang isang
nagpapakita ng kagandahang-loob para sa nangangailangan
ay pinaparangalan siya. 32 Ang masama ay ibinagsak sa
pamamagitan ng kaniyang masamang mga gawa, ngunit
ang matuwid ay may isang kanlungan kahit sa kamatayan.
33 Ang karunungan ay nasa puso ng nakakakilala ng mabuti,
ngunit sa kasamahan ng mga hangal ay ibinunyag niya ng
kaniyang sarili. 34 Ang paggawa ng tama ay nagtataas ng
isang bansa, ngunit ang kasalanan ay isang kahihiyan para
sa sinuman. 35 Ang kagandahang-loob ng hari ay para sa

maingat na lingkod, ngunit ang kaniyang galit ay para sa
isang kumikilos nang kahiya-hiya.

**15** Ang malumanay na sagot ay nag-aalis ng poot, pero
ang malupit na salita ay nagsasanhi ng galit. **2** Ang dila
ng mga matatalinong tao ay sinasang-ayunan ng kaalaman,
pero ang bibig ng mga mangmang ay nagbubugso nang
kamangmangan. **3** Ang mga mata ni Yahweh ay nasa
lahat ng dako, patuloy na nagmamasid sa masama at
mabuti. **4** Ang dilang nagpapagaling ay puno ng buhay,
pero ang mapanlinlang na dila ay sumisira ng kalooban.
**5** Hinahamak ng mangmang ang disiplina ng kaniyang
ama, pero ang siyang natututo mula sa pagtatama ay
marunong. **6** Sa bahay ng mga gumagawa ng tama ay
mayroong labis na kayamanan, pero ang kinikita ng mga
masasamang tao ay nagbibigay ng gulo sa kanila. **7** Ang
labi ng mga matatalinong tao ay nagbabahagi ng kaalaman,
pero hindi ang puso ng mga mangmang. **8** Kinasusuklaman
ni Yahweh ang mga pag-aalay ng mga masasamang tao,
pero kasiyahan sa kaniya ang panalangin ng mga matuwid
na tao. **9** Kinasusuklaman ni Yahweh ang paraan ng mga
masasamang tao, pero mahal niya ang siyang nanatili sa
tama. **10** Ang malupit na disiplina ay hinihintay ang sinumang
tatalikod sa tamang daan at ang siyang galit sa pagtatama
ay mamamatay. **11** Ang Sheol at pagkawasak ay nasa harap
ni Yahweh; gaano pa kaya ang puso ng mga kaapu-apuhan
ng sangkatauhan? **(Sheol h7585)** **12** Ang mangungutya ay
galit sa pagtatama; hindi siya magiging marunong. **13** Ang
pusong nagagalak ay ginagawang maaya ang mukha, pero
ang matinding lungkot ay sumisira ng diwa. **14** Ang puso ng
umuunawa ay humahanap ng kaalaman, pero ang bibig
ng mga mangmang ay kumakain ng kahangalan. **15** Lahat
ng araw ng mga taong inaapi ay napakahirap, pero ang
nagagalak na puso ay may piging na walang katapusan. **16**
Mas mabuti ang kaunti na may takot kay Yahweh kaysa
sa labis na kayamanan na may kaguluhan. **17** Mas mabuti
ang pagkain na may mga gulay na may mayroong pag-ibig
kaysa sa isang pinatabang guya na hinain na may galit.
**18** Ang galit na tao ay pumupukaw ng mga pagtatalo, pero
ang taong matagal magalit ay pinapayapa ang isang alitan.
**19** Ang daanan ng taong tamad ay tulad ng isang lugar
na may bakod na tinik, pero ang daanan ng matuwid ay
gawa sa daanang tuloy-tuloy. **20** Ang matalinong anak na
lalaki ay nagdadala ng kasiyahan sa kaniyang ama, pero
ang mangmang ay namumuhi sa kaniyang ina. **21** Ang
kahangalan ay kasiyahan ng hindi nag-iisip, pero ang siyang
nakauunawa ay naglalakad sa tuwid na daanan. **22** Ang
mga balak ay namamali kapag walang payo, pero kapag
marami ang tagapayo sila ay nagtatagumpay. **23** Ang tao ay
nakakahanap ng kaligayahan kapag siya ay nagbibigay ng
matalinong sagot; Napakabuti ng napapanahong salita! **24**
Ang landas ng buhay ay gabay pataas para sa marurunong
na tao, upang siya nawa ay makalayo mula sa sheol na nasa
ilalim. **(Sheol h7585)** **25** Winawasak ni Yahweh ang pamana ng
mapagmataas, pero pinapangalagaan niya ang ari-arian ng
balo. **26** Kinasusuklaman ni Yahweh ang mga kaisipan ng
mga masasamang tao, pero ang mga salita ng kagandahang-
loob ay busilak. **27** Nagdadala ng gulo ang magnanakaw
sa kaniyang pamilya, pero mabubuhay ang siyang galit sa
mga suhol. **28** Ang pusong gumagawa ng tama ay nag-iisip
bago sumagot, ngunit ang bibig ng masasama ay ibinubuhos
ang lahat ng kasamaan nito. **29** Si Yahweh ay malayo sa
mga masasamang tao, pero naririnig niya ang panalangin
ng mga gumagawa ng tama. **30** Ang ilaw ng mga mata ay
nagdadala ng kasiyahan sa puso, at ang mabuting mga
balita ay mabuti sa katawan. **31** Kung ikaw ay magbibigay ng
pansin sa taong nagtatama sa kung papaano ka mamuhay,
ikaw ay mananatiling kabilang sa mga matatalino. **32** Ang
siyang tumatanggi sa disiplina ay namumuhi sa kaniyang
sarili, pero ang siyang nakikinig sa pagtatama ay nagtatamo
ng kaunawaan. **33** Ang takot kay Yahweh ay nagtuturo ng
karunungan, at ang pagpapakumbaba ay nauuna bago ang
karangalan.

**16** Ang mga balak ng puso ay pag-aari ng isang tao,
ngunit mula kay Yahweh ang sagot mula sa kaniyang
dila. **2** Lahat ng pamamaraan ng isang tao ay dalisay
sa kaniyang sariling paningin, pero tinitimbang ni Yahweh
ang mga kalooban. **3** Ipagkatiwala mo ang iyong mga
gawain kay Yahweh at magtatagumpay ang mga balak
mo. **4** Ginawa ni Yahweh ang lahat ng bagay ukol sa
kaniyang layunin, maging ang mga masama para sa araw
ng kaguluhan. **5** Kinamumuhian ni Yahweh ang bawat isa na
may mapagmataas na puso, kahit na tumayo pa sila nang
magkahawak, hindi sila maliligtas sa kaparusahan. **6** Sa
pamamagitan ng katapatan sa kasunduan at pagtitiwala ang
pagkakasala ay nabayaran at sa pamamagitan ng takot
kay Yahweh, tinatalikuran ng mga tao ang kasamaan. **7**
Kapag ang pamamaraan ng isang tao ay kalugod-lugod
kay Yahweh, ginagawa niya kahit na ang mga kaaway nito
ay makipagbati sa kaniya. **8** Mabuti pa ang may kakaunti
nang nasa tama, kaysa sa malaking kita na may kaakibat na
kawalan ng katarungan. **9** Sa kaniyang puso, ang isang
tao ay nagpaplano ng kaniyang landas, pero si Yahweh
ang nagtuturo ng kaniyang mga hakbang. **10** Ang isang
pahayag na may karunungan ay nasa labi ng isang hari,
sa paghahatol ang kaniyang bibig ay hindi nagsasalita
nang may panlilinlang. **11** Ang tapat na mga timbangan ay
nagmumula kay Yahweh; lahat ng mga pabigat sa sako ay
kanyang gawain. **12** Kapag gumagawa ng napakasamang

mga bagay ang mga hari, ito ay isang bagay na dapat
kasuklaman sapagkat ang trono ay itinatag sa pamamagitan
ng paggawa ng kung ano ang tama. **13** Nalulugod ang isang
hari sa mga labi na nagsasabi ng kung ano ang tama at
kinagigiliwan niya ang isang nagsasalita nang tuwiran. **14**
Ang matinding galit ng isang hari ay sugo ng kamatayan
pero ang isang marunong na tao ay magsisikap na pahupain
ang kanyang galit. **15** Sa liwanag ng mukha ng isang hari
ay buhay, at ang kanyang pagkiling ay parang isang ulap
na nagdadala ng ulan sa tagsibol. **16** Higit na mainam
ang pagtamo ng karunungan kaysa ginto. Ang pagtamo
ng kaunawaan ay dapat higit na piliin kaysa pilak. **17**
Ang daang-bayan ng mga matuwid na tao ay palayo sa
kasamaan; ang taong nangangalaga ng kanyang buhay ay
nag-iingat sa kanyang landas. **18** Nauuna ang kayabangan
bago sa kapahamakan at ang mapagmataas na kalooban
ay nauuna bago sa isang pagbagsak. **19** Mas mabuti pang
maging mapagpakumbaba kasama ng mga mahihirap na tao
kaysa makipaghatian ng mga nasamsam na bagay sa mga
mayayabang na tao. **20** Sinumang pinagninilay-nilayan ang
itinuturo sa kanila ay makakasumpong nang mabuti at iyong
mga nagtitiwala kay Yahweh ay masisiyahan. **21** Ang isang
marunong sa kanyang puso ay tatawaging marunong makita
ang kaibhan, at pinahuhusay ng matamis na pananalita ang
kakayahang magturo. **22** Ang kaunawaan ay isang bukal ng
buhay sa isang mayroon nito, pero ang kaparusahan ng mga
hangal ay ang kanilang kahangalan. **23** Ang puso ng isang
marunong na tao ay nagbibigay ng mahusay na pananaw
sa kaniyang bibig at nagdadagdag ng panghihikayat sa
kaniyang mga labi. **24** Ang kaaya-ayang mga salita ay isang
pulot-pukyutan - matamis sa kaluluwa at kagalingan sa mga
buto. **25** May daan na tama sa tingin ng isang tao ngunit
ang dulo nito ay ang daan sa kamatayan. **26** Ang gana ng
isang manggagawa ay kapaki-pakinabang sa kaniya, ang
kanyang gutom ang patuloy na nagtutulak sa kaniya. **27** Ang
isang walang kwentang tao ay naghuhukay ng kapilyuhan,
at ang kaniyang pananalita ay tulad ng isang nakakapasong
apoy. **28** Ang isang napakasamang tao ay pumupukaw
ng pagtatalo at ang isang tsismoso ay naghihiwalay ng
malalapit na magkaibigan. **29** Ang isang taong marahas
ay nagsisinungaling sa kaniyang kapwa at naghahatid sa
kaniya pababa sa isang landas na hindi mabuti. **30** Ang isang
kumikindat ay nagbabalak ng napakasamang mga bagay;
iyong mga nagtitikom ng mga labi ay gagawa ng kasamaan.
**31** Ang uban ay isang korona ng karangalan; nakukuha ito
sa pamamagitan ng pamumuhay sa tamang paraan. **32**
Mas mabuting maghinay-hinay sa galit kaysa maging isang
mandirigma; ang isang nagpipigil sa kanyang sarili ay mas
malakas kaysa sa isang sumasakop sa isang lungsod. **33**
Ang mga palabunutan ay hinahagis sa kandungan, pero ang
kapasyahan ay nagmumula kay Yahweh.

**17** Mas mabuti na magkaroon ng tahimik na may isang
subong tuyong tinapay kaysa sa isang bahay na
puno ng kapistahan na mayroong pagkaka-alitan. **2** Ang
isang matalinong alipin ay mamamahala sa isang anak na
gumagawa ng kahihiyan at makikibahagi ng mana gaya ng
isa sa magkakapatid. **3** Ang tunawan ng metal ay para sa
pilak at ang hurno ay para sa ginto, ngunit dinadalisay ni
Yahweh ang mga puso. **4** Ang taong gumagawa ng masama
ay nakikinig sa mga taong nagsasalita ng kasamaan; Ang
sinungaling ay nagbibigay pansin sa mga taong nagsasalita
ng mga masasamang bagay. **5** Ang sinumang nanglalait
sa mahirap ay hinahamak ang kanyang Tagapaglikha, at
ang taong nagagalak sa kasawian ay hindi makakaligtas sa
kaparusahan. **6** Ang mga apo ay korona ng mga matatanda,
at ang mga magulang ay nagbibigay dangal sa kanilang
mga anak. **7** Ang mahusay na pananalita ay hindi angkop
para sa isang mangmang; lalong hindi angkop ang mga
labing sinungaling para sa isang maharlika. **8** Ang suhol
ay parang isang mahikang-bato sa isang nagbibigay nito;
saan man siya dumako, siya ay magtatagumpay. **9** Ang
sinumang nagpapaumanhin sa paglabag ay naghahanap ng
pagmamahal, pero ang sinumang umuulit sa isang bagay
ay nagpapalayo sa mga malalapit na kaibigan. **10** Ang
pagsaway ay taimtim na tumutungo sa isang tao na may
pang-unawa kaysa sa isang daang dagok sa isang hangal. **11**
Ang masamang tao ay naghahanap lamang ng himagsikan,
kaya ang isang malupit na mensahero ay ipapadala laban
sa kaniya. **12** Mabuti pa na makasalubong ang isang inahing
oso na ninakawan ng anak kaysa makatagpo ng isang
mangmang sa kanyang kahangalan. **13** Kung ang isang tao
ay nagbabalik ng masama para sa mabuti, hindi kailanman
iiwan ng kasamaan ang kaniyang tahanan. **14** Ang simula ng
hindi pagkakasundo ay gaya ng isang taong nagpapakawala
ng tubig sa lahat ng dako, kaya lumayo ka sa mga pagtatalo
bago ito magsimula. **15** Ang sinumang nagpapawalang-
sala sa mga masasamang tao o humahatol sa mga taong
gumagawa ng tama—kapwa ang mga taong ito ay karumal-
dumal kay Yahweh. **16** Bakit kailangang magbayad ng salapi
ang isang mangmang para matuto tungkol sa karunungan,
kung wala naman siyang kakayahang matutunan ito? **17**
Ang kaibigan ay mapagmahal sa lahat ng oras, at ang
kapatid ay isinilang para sa mga oras ng kaguluhan. **18**
Ang taong walang isip ay gumagawa ng mga pangakong
kailangang tuparin at mananagot sa mga utang ng kaniyang
kapwa. **19** Ang sinuman na nagmamahal sa mga hidwaan
ay nagmamahal sa kasalanan; Ang taong gumagawa ng
mataas na pintuan ay sanhi para ang buto ay mapilayan. **20**

Ang taong may mandarayang puso ay walang mabuting
bagay na matatagpuan. Ang taong may napakasamang
dila ay nahuhulog sa kapahamakan. 21 Kung sinumang
umanak ng isang hangal ay magdudulot ng kapighatian sa
kanyang sarili; Kung sinumang umaruga ng isang hangal
ay hindi makakapagdiwang. 22 Ang isang masayahing
puso ay mainam na gamot, pero ang mabigat na kalooban
ay nakakatuyo ng mga buto. 23 Ang masamang tao ay
tumatanggap ng suhol na palihim para iligaw ang mga daan
ng katarungan. 24 Ang taong mayroong pang-unawa ay
itinutuon ang kanyang mukha sa karunungan, pero ang mga
mata ng isang hangal ay nakatuon sa dulo ng daigdig. 25
Ang isang mangmang na anak ay pighati sa kanyang ama at
kapaitan sa babaeng nagsilang sa kanya, 26 At saka, hindi
kailanman mabuting parusahan ang sinumang gumagawa
ng tama; ni hindi mabuting paluin ang mga taong marangal
na taglay ang katapatan. 27 Ang isang may kaalaman ay
gumagamit ng kaunting mga salita at ang mahinahon ay
may pang-unawa. 28 Kahit ang isang mangmang ay iisiping
marunong kapag siya ay nananahimik; kung pinapanatili
niyang tikom ang kaniyang bibig, siya ay itinuturing na
matalino.

**18** Sinumang ihinihiwalay ang kaniyang sarili ay
naghahangad ng sariling kagustuhan at siya ay
nakikipagtalo sa lahat ng kaisipang may katuturan. 2 Hindi
nakasusumpong ng kasiyahan sa pag-unawa ang isang
hangal maliban sa paghahayag ng laman ng kaniyang puso.
3 Sa pagdating ng masama, kasama niya ay paghamak,
kahihiyan at kasiraan. 4 Ang mga salitang mula sa bibig ng
tao ay malalim na katubigan, ang bukal na pinagdadaluyan
ng karunungan. 5 Hindi mabuti na pumanig sa masama o
ang ipagkait ang katarungan sa mga matuwid. 6 Ang labi ng
mangmang ay nagdadala ng alitan at ang kaniyang bibig ay
nag-aanyaya ng kaguluhan. 7 Ang bibig ng mangmang ay
ang kaniyang pagkasira, at ang kaniyang sarili ay nalilinlang
ng kaniyang mga labi. 8 Ang mga salitang tsismis ay tulad
ng masarap na pagkain, bumababa ito sa kaloob-looban
ng katawan. 9 Sinumang tamad sa gawain ay kapatid sa
taong mapanira. 10 Ang pangalan ni Yahweh ay matibay na
tore; ang matuwid na tumatakbo patungo rito ay ligtas. 11
Ang kayamanan ng mayaman ay ang kaniyang tanggulang-
lungsod, at sa kaniyang imahinasyon ito ay tulad ng isang
mataas na pader. 12 Bago ang kaniyang pagbagsak, ang
puso ng tao ay mapagmataas, pero ang kababaang-loob
ay nauuna bago ang karangalan. 13 Sinumang sumasagot
bago pa man makinig ay mangmang at kahiya-hiya. 14
Ang espiritu ng tao ay mananaig sa karamdaman, ngunit
ang espiritung mahina, sino ang makatitiis? 15 Ang puso
ng matalino ay nagkakamit ng kaalaman at ang pandinig
ng marunong ay naghahangad nito. 16 Ang kaloob ng tao
ay maaaring magbukas ng daan para dalhin siya patungo
sa isang mahalagang tao. 17 Ang unang magsumamo ng
kaniyang kaso ay mukhang tama hangga't ang kaniyang
kalaban ay dumating at tanungin siya. 18 Ang palabunutan
ay nag-aayos ng gulo at naghihiwalay ng malalakas na
katunggali. 19 Ang kapatid na nasaktan ang damdamin ay
mas mahirap na amuin kaysa isang matatag na lungsod, at
ang pakikipagtalo ay tulad ng mga harang ng isang kastilyo.
20 Mula sa bunga ng kaniyang bibig, ang kaniyang tiyan ay
napupuno; sa ani ng kaniyang mga labi, siya ay nasisiyahan.
21 Ang kamatayan at ang buhay ay nasa kapangyarihan
ng dila, at ang mga nagmamahal dito ay kakain ng bunga
nito. 22 Ang sinumang nakatatagpo ng asawang babae ay
nakahahanap ng mabuting bagay at tatanggap ng pagpapala
mula kay Yahweh. 23 Ang mahirap ay nanlilimos ng awa,
pero ang sagot ng mayaman ay magaspang. 24 Sinumang
umaangkin ng maraming kaibigan ay nadadala sa pagkasira
ng mga kaibigang iyon, pero mayroong isang kaibigan na
mas malapit pa sa isang kapatid.

**19** Mas mabuti ang isang mahirap na lumalakad nang may
karangalan kaysa sa isang baluktot magsalita at isang
mangmang. 2 Gayon din, hindi mabuting magkaroon ng
nais na walang karunungan at ang tumatakbo nang mabilis
ay lumilihis sa landas. 3 Pinapahamak ng kamangmangan
ng tao ang kaniyang buhay, at ang puso niya ay nagagalit
laban kay Yahweh. 4 Ang kayamanan ay nakadaragdag
ng maraming kaibigan, pero ang mahirap ay hiwalay mula
sa kaniyang mga kaibigan. 5 Ang bulaang saksi ay hindi
makakaalis ng hindi napaparusahan, at hindi makakatakas
ang siyang nabubuhay sa mga kasinungalingan. 6 Maraming
hihingi ng tulong mula sa mapagbigay na tao, at lahat ay
kaibigan ng siyang nagbibigay ng mga regalo. 7 Lahat ng
mga kapatid ng mahirap ay napopoot sa kaniya; paano pa
ang kaniyang mga kaibigan na lumalayo mula sa kaniya!
Siya ay nananawagan sa kanila, pero sila ay naglaho
na. 8 Ang nagsisikap na magkaroon ng karunungan ay
nagmamahal sa kaniyang sariling buhay; ang nagpapanatili
sa pang-unawa ay makatatagpo ng kabutihan. 9 Ang bulaang
saksi ay hindi makaaalis ng hindi mapaparusahan, ngunit
mapapahamak ang mga nabubuhay sa kasinungalingan. 10
Hindi angkop para sa isang mangmang na mamuhay ng
may karangyaan— lalong hindi para sa isang alipin ang
mamuno sa mga prinsipe. 11 Ang pag-iingat ay nagdudulot
sa isang tao na hindi agad magalit at ang kaniyang dangal
ay ang hindi pagpansin sa kasalanan. 12 Ang poot ng hari
ay parang batang leon na umaatungal, pero ang kaniyang
kagandahang loob ay katulad ng hamog sa mga damuhan.
13 Kasiraan sa kaniyang ama ang isang mangmang na anak

at ang mapang-away na asawang babae ay tulo ng tubig na
walang tigil. 14 Ang bahay at kayamanan ay namamana mula
sa mga magulang, ngunit mula kay Yahweh ang masinop na
asawang babae. 15 Hinahagis ng katamaran ang isang tao
sa mahimbing na tulog, pero magugutom ang isang tao na
ayaw maghanapbuhay. 16 Ang tumutupad ng kautusan ay
nag-iingat ng kaniyang buhay, pero ang hindi pinag-iisipan
ang kaniyang mga pamamaraan ay tiyak na mamamatay. 17
Ang sinumang mabait sa mahihirap ay nagpapahiram kay
Yahweh, at babayaran siya ni Yahweh dahil sa kaniyang
ginawa. 18 Disiplinahin mo ang iyong anak habang may
pag-asa pa, at huwag mong patatagin ang iyong kagustuhan
na ilagay siya sa kamatayan. 19 Ang taong mainitin ang ulo
ay dapat magbayad kung siya ay iyong sinagip, gagawin
mo ito ulit sa pangalawang pagkakataon. 20 Dinggin mo at
sundin ang aking katuruan, at ikaw ay magiging marunong
hanggang sa katapusan ng iyong buhay. 21 Marami ang mga
plano sa puso ng isang tao, pero ang layunin ni Yahweh ang
siyang mananaig. 22 Katapatan ang ninanais ng isang tao,
at higit na mainam ang mahirap kaysa sa isang sinungaling.
23 Ang paggalang at pagsunod kay Yahweh ay nagbibigay
ng buhay; ang gumagawa nito ay masisiyahan at ligtas
sa kapahamakan. 24 Binabaon ng batugan ang kaniyang
kamay sa pagkain; hindi man lamang niya ito maibalik
pataas sa kaniyang bibig. 25 Kapag iyong pinarusahan ang
isang mangungutya, matututo pati ang walang pinag-aralan;
itama mo ang may pang-unawa at lalawak ang kaniyang
kaalaman. 26 Ang isang ninanakawan ang kaniyang ama at
pinapalayas ang kaniyang ina ay isang anak na nagdadala
ng kahihiyan at kasiraan. 27 Kung hindi ka na makikinig sa
katuruan, aking anak, ikaw ay mapapalayo mula sa mga
salita ng kaalaman. 28 Ang masamang saksi ay kinukutya
ang katarungan, at ang bibig ng masama ay lumulunok ng
malaking kasalanan. 29 Nakahanda ang paghatol sa mga
mapangutya, at paghahagupit sa likod ng mga mangmang.

**20** Ang alak ay mangungutya at ang matapang na
inumin ay basag-ulero; ang sinumang naliligaw sa
pamamagitan ng pag-inom ay hindi matalino. 2 Ang takot sa
hari ay katulad ng takot sa batang leon na umaatungal; ang
sinumang maging dahilan ng kaniyang galit ay itinatapon ang
kaniyang buhay. 3 Isang karangalan para sa sinuman ang
umiwas sa hindi pagkakasundo, ngunit ang bawat hangal ay
sumasali sa isang pagtatalo. 4 Ang taong tamad ay hindi
nag-aararo sa taglagas; siya ay naghahanap ng isang bunga
sa panahon ng tag-ani ngunit hindi magkakaroon nang
anuman. 5 Ang mga layunin ng puso ng isang tao ay katulad
ng malalim na tubig, ngunit ang isang taong may pang-
unawa ay aalamin ito. 6 Maraming tao ang nagpapahayag na
sila ay tapat, ngunit sino ang makakahanap ng isang taong
matapat? 7 Ang taong gumagawa ng tama ay naglalakad
sa kaniyang dangal, at ang kaniyang mga anak na lalaki
na sumusunod sa kaniya ay masaya. 8 Ang isang hari na
nakaupo sa trono na ginagampanan ang mga tungkulin
ng isang hukom ay pinipili sa kaniyang mga mata ang
lahat ng masasama na nasa harapan niya. 9 Sino ang
maaaring magsabi, “Pinapanatili kong malinis ang aking
puso; Ako ay malaya mula sa aking kasalanan”? 10 Ang
magkakaibang timbang at hindi pantay na mga sukat—
parehong kinapopootan ang mga ito ni Yahweh. 11 Maging
ang isang kabataan ay nakikilala sa kaniyang mga kilos,
kung ang kaniyang pag-uugali ay dalisay at matuwid. 12 Ang
mga tainga na nakakarinig at ang mga mata na nakakakita—
parehong ginawa ito ni Yahweh. 13 Huwag mahalin ang
pagtulog o ikaw ay darating sa paghihirap; buksan mo ang
iyong mga mata at ikaw ay magkakaroon ng maraming
kakainin. 14 "“Masama! Masama!” sabi ng mga bumibili, pero
kapag umalis siya, siya ay nagmamayabang. 15 Mayroong
ginto at kasaganaan sa mamahaling mga bato, ngunit ang
mga labi ng kaalaman ay isang mamahaling hiyas. 16 Ang
sinumang nagbibigay ng kasiguruhan para sa utang ng iba,
kuhanan mo ng damit bilang sangla. 17 Ang tinapay na
nakamit sa pamamagitan ng panlilinlang ay matamis sa
panlasa, ngunit pagkatapos ang kaniyang bibig ay mapupuno
ng graba. 18 Ang mga plano ay pinagtitibay sa pamamagitan
ng payo, at sa marunong na patnubay lamang ay dapat
kang makipaglaban. 19 Ang tsismis ay nagbubunyag ng
mga lihim, at kaya hindi ka dapat makisama sa mga taong
nagsasalita ng sobra. 20 Kapag isinusumpa ng isang tao
ang kaniyang ama o kaniyang ina, ang kaniyang ilawan ay
papatayin sa kalagitnaan ng kadiliman. 21 Ang isang mana
na madaling nakamit sa simula ay gagawa ng mas kaunting
kabutihan sa bandang huli. 22 Huwag sabihing, “Gagantihan
kita para sa pagkakamaling ito!” Hintayin si Yahweh at
siya ang sasagip sa iyo. 23 Kinamumuhian ni Yahweh
ang mga hindi parehas na timbang, at ang hindi tapat na
mga timbangan ay hindi mabuti. 24 Ang mga hakbang
ng isang tao ay pinapatnubayan ni Yahweh; paano niya
mauunawaan ang kaniyang paraan kung gayon? 25 Isang
patibong para sa isang tao ang pagsasabi nang padalus-
dalos, “Ang bagay na ito ay banal,” at iniisip lamang ang
kahulugan pagkatapos niyang masabi ang kaniyang panata.
26 Ang marunong na hari ay inihihiwalay ang masama,
at pagkatapos sinasagasaan ng panggiik na kariton sa
ibabaw nila. 27 Ang espiritu ng isang tao ay ang ilawan ni
Yahweh, hinahanap ang lahat ng kaniyang kaloob-loobang
mga bahagi. 28 Ang tipan ng katapatan at pagtitiwala ay
nangangalaga sa hari; ang kaniyang trono ay iniingatan sa
pamamagitan ng pag-ibig. 29 Ang dangal ng mga kabataang

lalaki ay ang kanilang kalakasan, at ang karangyaan ng
matatanda ay ang kanilang mga uban. **30** Ang mga hampas
na sumusugat, nililinis ang kasamaan, at ang mga palo ay
nililinis ang mga kaloob-loobang mga bahagi.

**21** Ang puso ng hari ay isang batis ng tubig sa kamay ni
Yahweh; siya ang pumapatnubay dito kahit saan niya
naisin. **2** Ang bawat pamamaraan ng tao ay maaaring tama
sa kaniyang paningin, ngunit si Yahweh ang sumusukat
ng mga puso. **3** Ang paggawa ng kung ano ang tama at
makatarungan ay mas katanggap-tanggap kay Yahweh
kaysa sa sakripisyo. **4** Ang mapagmalaking mga mata
at mapagmataas na puso - ang ilawan ng masama - ay
kasalanan. **5** Ang mga plano ng masipag ang tanging
daan sa kasaganahan, ngunit ang lahat ng kumikilos ng
masyadong mabilis ay sasapit lamang sa kahirapan. **6** Ang
pagtamo ng kayamanan ng isang sinungaling na dila ay
panandaliang singaw at isang patibong na nakamamatay.
**7** Ang karahasan ng kasamaan ay tatangayin sila palayo,
sapagkat sila ay tumatanggi na gawin kung ano ang patas.
**8** Ang paraan ng makasalanang tao ay liku-liko; ngunit
ang taong dalisay ay gumagawa ng tama. **9** Mas mabuti
pang mamuhay sa sulok ng bubungan kaysa sa bahay na
kahati ang palaaway na asawang babae. **10** Ang gana ng
masama ay nagmimithi ng labis na kasamaan; ang kaniyang
kalapit-bahay sa kaniyang mga mata ay walang nakikitang
kabaitan. **11** Kapag ang nangungutya ay naparusahan,
ang mangmang ay nagiging matalino, at kapag ang taong
marunong ay naturuan, nadadagdagan siya ng kaalaman. **12**
Ang isang gumagawa ng tama ay binabantayan ang bahay
ng masama; kaniyang dinadala ang masama sa kasiraan.
**13** Ang isa na hindi dininig ang iyak ng mga mahihirap na
tao, kapag siya din ay umiyak, hindi siya maririnig. **14** Ang
lihim na regalo ay nagpapahupa ng galit at ang isang tagong
regalo ay nag-aalis nang matinding galit. **15** Kapag ang
katarungan ay tapos na, nagbibigay ito ng kagalakan sa
gumagawa ng tama, ngunit ito ay nagdadala ng takot sa
mga masasamang tao. **16** Ang siyang naliligaw sa daan
ng pang-unawa, ay mamamahinga sa pagpupulong ng
mga walang buhay. **17** Ang sinumang minamahal ang aliw
ay magiging mahirap, ang taong minamahal ang alak at
langis ay hindi magiging mayaman. **18** Ang masamang
tao ay magiging katubusan sa gumagawa ng tama, at ang
hindi tapat ay katubusan para sa matuwid. **19** Mas mabuti
pang mamuhay sa disyerto kaysa makasama ang babaeng
nagdudulot nang alitan at sobrang makapagreklamo. **20**
Ang pinakamahal na yaman at langis ay nasa tahanan
ng matalino, ngunit inaaksaya ito ng mangmang na lalaki.
**21** Ang gumagawa ng tama at mabait—ang taong ito ay
makasusumpong ng buhay, katuwiran at karangalan. **22**
Isang matalinong tao ang pumunta laban sa lungsod nang
makapangyarihan, at kaniyang ginigiba ang matibay na
moog na nagtatanggol nito. **23** Sinumang nagbabantay sa
kaniyang bibig at dila ay nag-iingat na hindi makasali sa gulo.
**24** Ang hambog at mapagmataas na tao - “mangungutya” ang
kaniyang pangalan - kumikilos nang may pagmamataas na
kayabangan. **25** Ang pagnanais ng tamad ay pumapatay sa
kaniyang sarili, dahil ang kaniyang mga kamay ay tumatanggi
sa pagtatrabaho. **26** Buong araw siyang nagmimithi at
nagmimithi nang labis, ngunit ang isang gumagawa ng tama
ay nagbibigay at hindi nagpipigil. **27** Ang alay ng masamang
tao ay kasuklam-suklam; ito ay mas kasuklam-suklam pa
kapag dinala niya ito ng may masasamang motibo. **28**
Ang hindi totoong saksi ay mamamatay, ngunit ang isang
nakikinig ay magsasalita sa lahat ng oras. **29** Ang masamang
lalaki ay ginagawa ang sarili na tila malakas, pero ang
matuwid na tao ay maingat sa kaniyang mga kilos. **30**
Walang karunungan, pag-unawa o payo na kayang makatalo
kay Yahweh. **31** Ang kabayo ay handa para sa araw ng
labanan, ngunit kay Yahweh ang tagumpay ay nabibilang.

**22** Ang isang magandang pangalan ay dapat piliin higit
pa sa labis na kayamanan, at mas mainam ang
kagandahan ng loob kaysa sa pilak at ginto. **2** Ang mayaman
at mahirap na mga tao ay mayroong pagkakatulad—
si Yahweh ang tagapaglikha nilang lahat. **3** Ang isang
marunong na tao ay nakikita ang kaguluhan at itinatago ang
kaniyang sarili, pero ang walang karanasan na mga tao ay
magpapatuloy at magdurusa dahil dito. **4** Ang gantimpala
sa pagpapakumbaba at takot kay Yahweh ay kayamanan,
karangalan at buhay. **5** Ang mga tinik at mga patibong
ay nakalatag sa daan ng sutil; kung sino man ang mag-
ingat ng kaniyang buhay ay papanatilihing malayo mula sa
kanila. **6** Turuan ang isang bata sa daan kung saan siya
nararapat pumunta, at kapag siya ay matanda na hindi siya
tatalikod mula sa bilin na iyon. **7** Ang mayayamang tao ay
pinamumunuan ang mahihirap na tao, at ang isa na siyang
humihiram ay isang alipin sa isa na siyang nagpapahiram. **8**
Siyang naghahasik ng kasamaan ay mag-aani ng kaguluhan,
at ang pamalo ng kaniyang matinding galit ay magiging
walang pakinabang. **9** Ang isang mapagbigay na mata ay
pagpapalain, sapagkat siya ay nagbabahagi ng kaniyang
tinapay sa mahihirap. **10** Itaboy ang mangungutya at aalis
ang alitan; ang mga hindi pagkakaunawaan at mga panlalait
ay matitigil. **11** Ang siyang nagmamahal ng isang busilak na
puso at ang salita ay magiliw, siya ay magiging kaibigan ng
hari. **12** Ang mga mata ni Yahweh ay nanatiling nakamasid
sa kaalaman, ngunit ibabagsak niya ang mga salita ng taksil.
**13** Sinasabi ng tamad na tao, “Mayroong isang leon sa
lansangan! Ako ay mapapatay sa mga hayag na lugar.” **14**

Ang bibig ng isang babaeng nangangalunya ay isang malalim
na hukay; ang galit ni Yahweh ay sumiklab laban sa sinuman
na mahulog dito. **15** Ang kahangalan ay nasa puso ng isang
bata, pero ang pamalo ng pagdisiplina ay nagpapaalis dito.
**16** Ang isa na siyang nagpapahirap sa mahihirap na tao para
lumago ang kaniyang karangyaan, o nagbibigay para sa
mayayamang tao, ay magiging isang mahirap. **17** Magbigay
pansin at pakinggan ang mga salita ng mga matalino at
idulog ang iyong puso sa aking kaalaman, **18** dahil magiging
kaaya-aya ito para sa iyo kung panatilihin mo ang mga ito sa
iyo, kung lahat ng ito ay handa sa iyong mga labi. **19** Sa
gayon, mailagak kay Yahweh ang iyong tiwala, ituturo ko
ang mga ito sa inyo ngayon— maging sa iyo. **20** Hindi ko ba
naisulat sa iyo ang tatlumpung kasabihan ng tagubilin at
kaalaman, **21** para ituro sa iyo ang katotohanan sa mga
mapagkakatiwalaang mga salitang ito, sa gayon maaaring
kang makapagbigay ng mapagkakatiwalaang mga sagot
sa mga nagpadala sa iyo? **22** Huwag mo pagnakawan
ang mahirap na tao, dahil siya ay mahirap, o wasakin ang
nangangailangang tao sa tarangkahan, **23** dahil si Yahweh
ang mangangatwiran sa kanilang kaso, at nanakawin niya
ang buhay na siyang nagnakaw sa kanila. **24** Huwag ka
makipagkaibigan sa isang tao na siyang pinamumuan ng
galit, at huwag kang sumama sa isang nagagalit nang labis,
**25** o matututunan mo ang kaniyang mga pamamaraan, at
papaluputan mo ang iyong sarili sa isang patibong. **26**
Huwag kang makiisa sa nagbibigay ng nakakagapos na mga
panunumpa tungkol sa pera, at huwag kang magbibigay
ng kasiguraduhan para sa mga pagkakautang ng iba. **27**
Kung kulang ka ng pamamaraan para magbayad, ano ang
makakapigil sa isang tao mula sa pagkuha ng iyong higaan
mula sa iyo? **28** Huwag mong alisin ang sinaunang batong
nagtatakda ng hangganan na inalagay ng iyong mga ama.
**29** Nakikita mo ba ang isang bihasang lalaki sa kaniyang
gawain? Siya ay tatayo sa harapan ng mga hari; hindi siya
tatayo sa harapan ng pangkaraniwang mga tao.

**23** Kapag ikaw ay umupo para kumain kasama ang isang
pinuno, magmasid ng mabuti kung ano ang nasa harap
mo, **2** at maglagay ng isang kutsilyo sa iyong lalamunan
kung ikaw ay isang tao na gustong kumain ng maraming
mga pagkain. **3** Huwag naisin ang kaniyang napakasarap
na pagkain, dahil ito ay pagkain nang kasinungalingan. **4**
Huwag magtrabaho ng sobrang hirap para lang ikaw ay
maging mayaman; maging marunong para malaman kung
kailan titigil. **5** Kapag ang iyong mga mata ay nagliliwanag
sa pera, nawala na ito, at bigla itong nagkakaroon ng mga
pakpak at lumilipad sa himpapawid tulad ng isang agila.
**6** Huwag kakainin ang pagkain ng isang masamang tao-
isang tao na nakatingin nang napakatagal sa iyong pagkain-
at huwag naisin ang kaniyang masarap na mga pagkain,
**7** sapagkat siya ang uri ng tao na inaalam ang halaga
ng pagkain. “Kumain at uminom!” sabi niya sa iyo, pero
ang kaniyang puso ay wala sa iyo. **8** Iyong isusuka ang
kakaunting kinain mo, at sasayangin mo ang iyong mga
mabubuting sasabihin. **9** Huwag magsasalita na naririnig
ng isang mangmang, sapagkat kaniyang hahamakin ang
karunungan ng iyong mga salita. **10** Huwag mong aalisin
ang sinaunang hangganang bato o angkinin ang mga bukirin
ng mga ulila, **11** sapagkat ang kanilang Tagapagligtas ay
malakas, at ipangangatuwiran niya ang kanilang kapakanan
laban sa iyo. **12** Ilagay ang iyong puso sa pagtuturo at
buksan ang iyong mga tainga sa mga salita ng karunungan.
**13** Huwag pigilin ang disiplina sa isang bata, **14** dahil kung
siya ay iyong papaluin, siya ay hindi mamamatay. Kung siya
ay iyong papaluin, iyong ililigtas ang kaniyang kaluluwa mula
sa sheol. **(Sheol h7585)** **15** Aking anak, kung ang iyong puso
ay marunong, sa gayon ang aking puso ay magiging masaya
rin; **16** ang aking kaloob-looban ay magagalak kapag ang
iyong labi ay magsasalita ng nang matuwid. **17** Huwag mong
hayaang mainggit ang iyong puso sa mga makasalanan,
pero magpatuloy sa takot kay Yahweh sa buong araw. **18**
Siguradong may kinabukasan at ang iyong pag-asa ay hindi
mapuputol. **19** Makinig, aking anak, at maging matalino at
patnubayan ang iyong puso sa daan. **20** Huwag makikisama
sa mga lasenggero, o sa mga matatakaw na kumakain ng
karne, **21** dahil ang lasenggero at ang matakaw ay nagiging
mahirap, at ang naiidlip ay madadamitan ng mga basahan.
**22** Makinig sa iyong ama na nag-alaga sa iyo at huwag
hamakin ang iyong ina kung matanda na siya. **23** Bilhin
ang katotohanan, ngunit huwag itong ipagbili; bilhin ang
karunungan, disiplina at pang-unawa. **24** Ang ama ng isang
gumagawa ng matuwid ay labis na magagalak at siya na
nag-alaga sa isang matalinong bata ay matutuwa sa kaniya.
**25** Hayaang matuwa ang iyong ama at ang iyong ina at
hayaang magsaya ang siyang nagsilang sa iyo. **26** Aking
anak, ituon mo sa akin ang iyong puso, at hayaan mong
mamasdan ng iyong mga mata ang aking mga paraan. **27**
Dahil ang isang bayarang babae ay isang malalim na hukay
at ang asawa ng ibang lalaki ay isang makitid na hukay. **28**
Siya ay nag-aabang katulad ng isang magnanakaw at siya
ay nagdadagdag ng bilang ng mga traydor sa sangkatauhan.
**29** Sino ang may kasawian? Sino ang may kalungkutan?
Sino ang may mga laban? Sino ang nagrereklamo? Sino ang
may mga sugat na walang dahilan? Sino ang may matang
namumula? **30** Silang sugapa sa alak, sila na sinusubukan
ang pinaghalong alak. **31** Huwag tumingin sa alak kung ito
ay mapula, kung ito ay kumikinang sa tasa at bumaba nang
tuloy-tuloy. **32** Sa bandang huli ito ay tumutuklaw katulad

ng isang ulupong at ito ay kumakagat tulad ng isang ahas.
33 Ang iyong mga mata ay makakakita ng kakaibang mga
bagay at ang iyong puso ay magsasabi ng napakasamang
mga bagay. 34 Ikaw ay magiging gaya ng isang natutulog
sa mataas na karagatan o humihiga sa ibabaw ng isang
duyan. 35 "Tinamaan nila ako!" iyong sasabihin, "pero ako
ay hindi nasaktan. Binugbog nila ako, pero hindi ko ito
naramdaman. Kailan ako magigising? Maghahanap ako ng
isa pang maiinom."

**24** Huwag kang mainggit sa mga masasama, ni hangarin
na makisama sa kanila, 2 dahil ang kanilang mga puso
ay nagbabalak ng karahasan, at ang kanilang mga labi ay
nag-uusap tungkol sa kaguluhan. 3 Sa pamamagitan ng
karunungan ang isang bahay ay naitatayo at sa kaunawaan
ito ay naitatatag. 4 Sa kaalaman ang mga silid ay puno ng
lahat ng mga mamahalin at kaaya-ayang kayamanan. 5
Ang isang matalinong tao ay nagpapatunay na malakas,
at ang isang taong mayroong kaalaman ay mas maigi
kaysa sa isang malakas, 6 sapagkat sa matalinong mga
utos kaya mong itaguyod ang iyong digmaan, at kasama
ang maraming mga tagapangaral mayroong tagumpay.
7 Ang karunungan ay masyadong mataas para sa isang
mangmang; sa tarangkahan hindi niya binubuksan ang
kaniyang bibig. 8 Mayroong isang nagbabalak na gumawa
ng masama— tinatawag siya ng mga tao na bihasa sa mga
masamang balakin. 9 Ang isang hangal na hangarin ay
kasalanan, at ang mga tao ay hinahamak ang nangungutya.
10 Kung ipinapakita mo ang iyong kaduwagan sa araw ng
kaguluhan, kung gayon ang iyong lakas ay hindi sapat. 11
Sagipin mo silang mga inilalayo papunta sa kamatayan, at
pigilan mo silang mga nalilito papunta sa pagpatay. 12 Kung
sinabi mo, "Diyan! Wala kaming alam tungkol dito." Hindi ba't
ang Siyang nagtitimbang ng puso ay naiintindihan kung ano
ang sinasabi mo? At Siyang nagbabantay ng iyong buhay,
hindi ba niya alam ito? At hindi ba ibibigay ng Diyos sa
bawat isa kung ano ang karapat-dapat sa kaniya? 13 Aking
anak, kumain ng pulot dahil ito ay mabuti, dahil ang mga
katas ng pulut-pukyutan ay matamis sa iyong panlasa. 14
Katulad nito ang karunungan para sa iyong kaluluwa— kung
nahanap mo ito, magkakaroon ng kinabukasan at ang iyong
pag-asa ay hindi mapuputol. 15 Huwag kang mag-abang
tulad ng mga masasamang tao na lumulusob sa bahay
ng mga gumagawa ng mabuti. Huwag mong wasakin ang
bahay niya! 16 Sapagkat kung ang isang taong gumagawa
ng tama ay bumagsak ng pitong beses, siya ay tatayo muli,
ngunit ang mga masasama ay ibabagsak ng kalamidad. 17
Huwag magdiwang kapag ang iyong kaaway ay bumagsak
at huwag hayaan ang iyong puso ay magalak kapag siya ay
nadapa, 18 o si Yahweh ay makikita at tututulan at tatalikuran
ang kaniyang galit mula sa kaniya. 19 Huwag kang mag-
alala dahil sa kanila na gumagawa ng mga masasamang
bagay, at huwag kang mainggit sa mga masasamang tao, 20
sapagkat ang masamang tao ay walang kinabukasan, at ang
ilawan ng masama ay mamamatay. 21 Matakot kay Yahweh,
at matakot sa hari, aking anak; huwag makisama sa mga
naghihimagsik laban sa kanila, 22 sapagkat darating nang
biglaan ang kanilang kapamahakan at sino ang nakakaalam
nang lawak ng pagkawasak na parehong darating mula
sa kanila? 23 Ito rin ang mga kasabihan ng matalino. Ang
pagkiling sa paghahatol ng isang kaso sa batas ay hindi
mabuti. 24 Sinuman ang nagsasabi sa may kasalanan, "Ikaw
ay nasa tama," ay susumpain ng mga tao at kapopootan ng
mga bansa. 25 Pero sila na pinagsasabihan ang masama ay
magkakaroon ng galak, at ang mga kaloob nang kabutihan
ay darating sa kanila. 26 Ang isang nagbibigay ng tapat na
sagot ay nagbibigay ng halik sa mga labi. 27 Ihanda mo ang
iyong panlabas na gawain, at gawin mong handa ang lahat
para sa iyong sarili sa bukirin; pagkatapos noon, itayo mo
ang iyong bahay. 28 Huwag kang sumaksi laban sa iyong
kapwa nang walang dahilan at huwag kang manlinlang gamit
ang iyong mga labi. 29 Huwag mong sabihing, "Gagawin ko
sa kaniya kung ano ang ginawa niya sa akin; babalikan ko
siya dahil sa kaniyang ginawa." 30 Dumaan ako sa bukirin
ng isang tamad na tao, lagpas sa ubasan ng taong walang
isip. 31 Ang mga tinik ay tumubo sa lahat ng dako, ang lupa
ay nababalot ng halamang matinik at ang batong pader
nito ay sira. 32 Pagkatapos ay nakita ko at pinag-isipan
ito; tumingin ako at nakatanggap ng katuruan. 33 Kaunting
tulog, kaunting idlip, kaunting pagtitiklop ng mga kamay para
magpahinga— 34 at ang kahirapan ay pupunta sa iyo tulad
ng isang magnanakaw at ang iyong mga pangangailangan
ay pupunta sa iyo tulad ng isang armadong sundalo.

**25** Ito ay mga karagdagan pang mga kawaikaan ni
Solomon, na kinopya ng mga tauhan ni Hezekias,
hari ng Juda. 2 Kaluwalhatian ng Diyos na ikubli ang isang
bagay, pero kaluwalhatian ng mga hari na saliksikin ito. 3
Tulad ng kalangitan ay para sa taas at ang lupa para sa
lalim, gayun din ang puso ng mga hari ay hindi malirip. 4
Alisin ang kalawang mula sa pilak, at magagamit ng panday
ang pilak para sa kaniyang kasanayan. 5 Gayun din, alisin
ang masamang mga tao mula sa harapan ng hari, at ang
kaniyang trono ay maitatatag sa pamamagitan ng paggawa
kung ano ang tama. 6 Huwag mong parangalan ang iyong
sarili sa harapan ng hari, at huwag kang tumayo sa lugar na
nakalaan para sa mga dakilang mga tao. 7 Mas mabuti para
sa kaniya na sabihin sa iyo, "Umakyat ka rito," kaysa sa
mapahiya ka sa harapan ng marangal na tao. Kung ano ang
iyong nasaksihan, 8 huwag mo agad dalhin sa paglilitis.

Dahil ano ang gagawin mo sa bandang huli, kapag pinahiya
ka ng kapwa mo? 9 Ipangatwiran mo ang kaso mo sa kapwa
mo mismo, at huwag ipaalam ang lihim ng isa pang tao; 10
kung hindi, ang isa na nakakarinig sa iyo ay magdadala ng
kahihiyan sa iyo at ng masamang balita tungkol sa iyo na
hindi mabibigyang katahimikan. 11 Ang pagsasabi ng salitang
napili ng mabuti, ay katulad ng mga disenyo ng ginto na
nakalagay sa pilak. 12 Katulad ng gintong singsing o alahas
na gawa sa pinong ginto ay ang matalinong pagsaway sa
nakikinig na tainga. 13 Tulad ng lamig ng niyebe sa oras ng
pag-aani ay ang tapat na mensahero para sa mga nagpadala
sa kaniya; ipinanunumbalik niya ang buhay ng kaniyang mga
amo. 14 Tulad ng mga ulap at hangin na walang ulan ay ang
taong nagmamalaki sa regalo na hindi niya binibigay. 15
Kapag may pagtitiis maaaring mahikayat ang isang pinuno,
at ang malambot na dila ay kayang makabali ng buto. 16
Kapag nakahanap ka ng pulot, kumain ka lang ng sapat—
kung hindi, ang kalabisan nito, ay isusuka mo. 17 Huwag
mong ilagay ang iyong paa ng napakadalas sa bahay ng
iyong kapwa, maaari siyang magsawa sa iyo at kamuhian
ka. 18 Ang taong nagdadala ng huwad na patotoo laban
sa kaniyang kapwa ay katulad ng pamalo na ginagamit sa
digmaan, o isang espada, o isang matalim na palaso. 19
Ang taong hindi tapat na pinagkakatiwalaan mo sa oras
ng gulo ay katulad ng sirang ngipin o isang nadudulas
na paa. 20 Tulad ng tao na naghubad ng kaniyang damit
sa malamig na panahon, o tulad ng suka na binuhos sa
matapang na inumin, ang siyang umaawit ng mga kanta sa
isang nabibigatang puso. 21 Kung nagugutom ang kaaway
mo, bigyan mo siya ng makakain, at kung nauuhaw siya,
bigyan mo siya ng tubig na maiinom, 22 dahil lalagyan mo
siya sa kaniyang ulo ng isang pala ng umaapoy na uling, at
gagantimpalaan ka ni Yahweh. 23 Gaya ng katiyakan na
ang hanging mula sa hilaga ay may dalang ulan, ang taong
naghahayag ng mga lihim ay nagpapagalit ng mga mukha.
24 Mas mabuti pa na mamuhay sa sulok ng bubungan kaysa
sa makibahagi sa tahanan ng babaeng palaaway. 25 Tulad
ng malamig na tubig sa taong uhaw, gayun din ang mabuting
balita mula sa malayong bansa. 26 Tulad ng maruming batis
o nasirang bukal ng tubig ang mabuting tao na naglalakad
kasama ang masamang tao. 27 Hindi mabuting kumain ng
napakaraming pulot; iyon ay parang naghahanap ng labis na
karangalan. 28 Ang tao na walang pagpipigil sa sarili ay
tulad ng lungsod na napasok at walang pader.

**26** Tulad ng niyebe sa tag-araw o ulan sa panahon
ng tag-ani, ang isang hangal na hindi karapat-dapat
sa karangalan. 2 Gaya ng isang maya na mabilis na
nagpapalipat-lipat at ng layanglayang na humahagibis kapag
sila ay lumilipad, gayundin hindi tatalab ang isang sumpa
na hindi nararapat. 3 Ang latigo ay para sa kabayo, ang
kabisada ay para sa asno, at ang pamalo ay para sa likod
ng mga hangal. 4 Huwag sagutin ang isang hangal at
sumali sa kanyang kahangalan, o magiging tulad ka niya. 5
Sumagot sa isang hangal at sumali sa kaniyang kahangalan
upang hindi siya maging marunong sa kaniyang sariling
paningin. 6 Sinumang magpadala ng isang mensahe sa
pamamagitan ng kamay ng isang hangal ay pinuputol ang
kaniyang sariling mga paa at umiinom nang karahasan. 7
Ang mga binti ng isang paralitiko na nakabitin ay tulad ng
isang kawikaan sa bibig ng mga hangal. 8 Ang pagtatali
ng bato sa isang tirador ay gaya ng pagbibigay karangalan
sa isang hangal. 9 Ang halamang tinik na hawak ng isang
lasing ay tulad ng isang kawikaan sa bibig ng mga hangal.
10 Ang isang mamamana na sumusugat ng lahat ay tulad
ng isang umuupa ng isang hangal o ng kahit sinumang
dumadaan. 11 Gaya ng isang asong bumabalik sa kanyang
sariling suka, ganoon din ang isang hangal na inuulit ang
kanyang kahangalan. 12 Nakikita mo ba ang taong marunong
sa kanyang sariling paningin? Higit na may pag-asa ang
isang hangal kaysa sa kanya. 13 Ang tamad na tao ay
nagsasabing, "May isang leon sa kalsada! May isang leon
sa pagitan ng mga lantad na lugar! 14 Kung paanong ang
isang pinto ay bumabaling sa kaniyang bisagra, ang tamad
na tao naman ay sa ibabaw ng kaniyang kama. 15 Nilalagay
ng isang tamad na tao ang kaniyang kamay sa pagkain,
pero wala siyang lakas na isubo ito sa kaniyang bibig. 16
Ang tamad na tao ay mas marunong sa kanyang paningin
kaysa sa pitong lalaking may kakayahang kumilatis. 17
Tulad ng isang humahawak ng mga tainga ng isang aso
ay isang taong dumadaan na nagagalit sa alitan na hindi
kanya. 18 Tulad ng isang baliw na pumapana ng nagliliyab
na mga palaso, 19 ay ang isang nandaraya ng kanyang
kapwa at nagsasabing, "Di ba't nagbibiro lang ako?" 20 Dahil
sa kakulangan ng gatong, namamatay ang apoy, at kung
saan walang tsismoso, tumitigil ang pag-aaway. 21 Tulad
ng isang uling na nagbabaga at panggatong ay sa apoy,
ganoon din ang isang palaaway na tao na nagpapasiklab
ng alitan. 22 Ang mga salita ng isang tsismoso ay tulad ng
masarap na mga pagkain; bumababa sila sa kaloob-loobang
mga bahagi ng katawan. 23 Ang pampakintab na bumabalot
sa isang banga ay tulad ng nagbabagang mga labi at
isang napakasamang puso. 24 Ang isang namumuhi sa iba
ay kinukubli ang kanyang damdamin sa pamamagitan ng
kaniyang mga labi at nag-iimbak ng panlilinlang sa kaniyang
sarili. 25 Magiliw siyang mangungusap, pero huwag siyang
paniwalaan, dahil may pitong mga pagkasuklam sa kaniyang
puso. 26 Kahit na natatakpan ng panlilinlang ang kaniyang
pagkamuhi, ang kaniyang kabuktutan ay malalantad sa

kapulungan. 27 Sinumang gumagawa ng isang hukay ay
mahuhulog dito at ang bato ay gugulong pabalik sa taong
tumulak nito. 28 Ang isang nagsisinungaling na dila ay
namumuhi sa mga taong dinudurog nito at ang nambobolang
bibig ay nagiging dahilan ng pagkawasak.

**27** Huwag ipagyabang ang patungkol bukas, dahil hindi
mo alam kung ano ang maaaring dala ng isang araw. 2
Hayaan mong purihin ka ng isang tao at hindi ang sarili mong
labi; isang hindi mo kilala at hindi sa sarili mong mga labi. 3
Isaalang-alang ang mga kabigatan ng isang bato at ang
timbang ng buhangin, at ang pagpapagalit ng isang hangal
ay mas mabigat kaysa sa dalawa. 4 Mayroon kalupitan
ang kapootan at baha ng galit, ngunit sino ang kayang
makatatagal sa pagseselos? 5 Mas mabuti ang lantaran
na pagsaway kaysa sa lihim na pag-ibig. 6 Tapat ang
mga sugat na sanhi ng isang kaibigan, ngunit ang kaaway
maaaring humalik sa iyo nang maraming beses. 7 Ang
isang tao na kumain hanggang mabusog ay tinatanggihan
kahit isang bahay-pukyutan, pero sa isang taong gutom,
bawat mapait na bagay ay matamis. 8 Ang isang ibon na
pagala-gala mula sa pugad nito ay katulad ng isang taong
naliligaw sa kaniyang tinitirhan. 9 Ang pabango at insenso
ay nagpapagalak ng puso, ngunit ang katamisan ng isang
kaibigan ay mas mabuti pa sa kaniyang payo. 10 Huwag
pababayaan ang iyong kaibigan at kaibigan ng iyong ama, at
huwag pupunta sa bahay ng iyong kapatid sa araw ng iyong
kalamidad. Mas mabuti ang isang kapwa na malapit kaysa
sa isang kapatid na malayo. 11 Maging matalino, aking
anak, at gawin mong masaya ang aking puso; pagkatapos
sasagot ako sa taong kumukutya sa akin. 12 Ang isang
maingat na tao ay nakikita ang gulo at itinatago ang kaniyang
sarili, pero ang taong walang karanasan ay sumusulong at
nagdurusa dahil dito. 13 Kunin ang isang kasuotan kung
ang may-ari nito ay nagbibigay ng pera bilang panagot para
sa utang ng isang hindi kilala; at kunin ito kung siya ay
maglalagay ng panagot para sa isang nangangalunya. 14
Kung sinuman ang nagbibigay sa kaniyang kapwa ng isang
pagpapala nang may isang malakas na tinig ng maagang-
maaga, ang pagpapalang iyon ay ituturing na isang sumpa!
15 Ang isang nakikipag-away na asawang babae ay tulad ng
pumapatak lagi sa araw na maulan; 16 ang pagpipigil sa
kaniya ay tulad ng pagpipigil sa hangin, o sinusubukang
huluhin ang langis sa iyong kanang kamay. 17 Bakal ang
nagpapatalas sa bakal; gaya ng parehong paraan, ang isang
tao ay nagpapatalas sa kaniyang kaibigan. 18 Ang isa na
siyang nag-aalaga ng puno ng igos ang siyang kakain ng
bunga nito, at ang isa na siyang nag-iingat sa kaniyang
panginoon ay pararangalan. 19 Gayundin naman ang tubig
na sumasalamin sa mukha ng isang tao, gayundin ang puso
ng isang tao ay sinasalamin ang kaniyang pagkatao. 20
Gayundin naman ang sheol at Abaddon na hindi kailanman
nasisiyahan, kaya ang mga mata ng isang tao ay hindi
nasisiyahan kailanman. (Sheol h7585) 21 Ang tunawan ng
bakal ay para sa pilak at ang isang hurno ay para sa ginto,
at nasusubok ang isang tao kapag siya ay pinuri. 22 Kahit
na durugin mo ang isang hangal ng pangbayo - -kasama
ng butil — gayon pa man hindi siya iiwanan ng kaniyang
kahangalan. 23 Tiyakin na alam mo ang kalagayan ng iyong
kawan at magmalasakit ka sa iyong mga kawan, 24 dahil
ang kayamanan ay hindi panghabang panahon. Ang isang
korona ba ay nanatili sa lahat ng mga henerasyon? 25 Ang
damo ay nawawala at lumilitaw ang bagong tubo at tinipon
ang pagkain ng baka sa kabundukan. 26 Ang mga tupa
ay magbibigay ng iyong kasuotan, at ang mga kambing
ay magbibigay ng halaga para sa bukid. 27 Magkakaroon
ng gatas ng kambing para sa iyong pagkain—ang pagkain
para sa iyong sambahayan—at pagkain para sa iyong mga
aliping babae.

**28** Ang masamang tao ay tumatakbo kahit walang
humahabol sa kanila, ngunit ang mga gumagawa ng
tama ay kasintapang ng batang leon. 2 Dahil sa kasalanan
ng isang lupain, ito ay papalit-palit ng mga pinuno, ngunit ang
isang taong may pang-unawa at kaalaman, ito ay magtatagal
sa mahabang panahon. 3 Ang taong dukha na nagpapahirap
sa kapwa niya dukha ay tulad ng isang humahampas sa ulan
na nag-iiwan ng walang pagkain. 4 Sila na mga tumalikod
sa batas ay pinupuri ang masamang tao, ngunit silang
nagpapanatili ng batas ay lumalaban sa kanila. 5 Ang mga
masasamang tao ay hindi naiintindihan ang katarungan,
ngunit sila na naghahanap kay Yahweh ay naiintindihan ang
lahat ng bagay. 6 Mas mainam sa isang dukha na lumakad
sa kaniyang katapatan, kaysa sa isang mayaman na baluktot
sa kaniyang mga paraan. 7 Ang siyang nagpapanatili ng
batas ay isang bata na may pang-unawa, ngunit ang isa
na kasama ang mga matatakaw ay hinihiya ang kaniyang
ama. 8 Siya na nagpapayaman sa pamamagitan nang
labis na pagsingil ng tubo ay nag-iipon ng kaniyang yaman
para sa iba na maaawa sa mga dukha. 9 Kung ang isa na
hindi ibinaling ang kaniyang tainga sa pakikinig ng batas,
kahit na ang kaniyang panalangin ay kasuklam-suklam. 10
Ang sinumang maglihis sa matuwid sa isang masamang
paraan ay babagsak sa kaniyang sariling hukay, ngunit ang
walang sala ay magkakaroon ng mabuting pamana. 11 Ang
mayaman ay maaaring matalino sa kaniyang sariling mga
mata, ngunit ang dukha na may pang-unawa ay matutuklasan
siya. 12 Kung may katagumpayan sa mga gumawa ng kung
ano ang tama, mayroong dakilang kaluwalhatian, ngunit
kung ang masama ay bumangon, tinatago ng mga tao ang

kanilang sarili. 13 Ang isa na nagtatago ng kaniyang mga
kasalanan ay hindi yayaman, ngunit ang nagpapahayag at
nagpapabaya sa kanila ay pakikitaan ng habag. 14 Masaya
ang isa na laging namumuhay na may paggalang, ngunit ang
sinumang nagmamatigas ng kaniyang puso ay babagsak sa
kaguluhan. 15 Katulad ng isang umaatungal na leon o isang
lumulusob na oso ang isang masamang pinuno sa lahat
ng mga dukha. 16 Ang pinuno na nagkukukulang ng pang-
unawa ay isang mabagsik na nagpapahirap, pero ang isa na
namumuhi sa di matapat ay mapapahaba ang kaniyang mga
araw. 17 Kung ang isang tao ay maysala dahil nagdanak
siya ng dugo sa isang tao, siya ay magiging isang pugante
hanggang sa kamatayan, at wala ni isa ang tutulong sa
kaniya. 18 Ang sinumang maglalakad ng may katapatan ay
pinapanatiling ligtas, pero ang isa na ang paraan ay baluktot
ay biglang babagsak. 19 Ang isa na siyang nagtatrabaho sa
kaniyang lupa ay magkakaroon ng maraming pagkain, pero
ang sinumang sumusunod sa walang kabuluhang gawain ay
magkakaroon ng maraming kahirapan. 20 Ang isang tapat
na tao ay magkakaroon ng malaking mga biyaya, ngunit
ang nagmamadaling yumaman ay tiyak na hindi makaka-
iwas sa kaparusahan. 21 Hindi mabuti magpakita nang
may pinapanigan, ngunit para sa isang pirasong tinapay
ang isang tao ay maaaring gumawa ng masama. 22 Ang
isang maramot na tao ay nagmamadaling yumaman, pero
hindi niya alam na ang kahirapan ay darating sa kaniya. 23
Sinumang nagsasaway sa isang tao ay makakahanap nang
higit na pabor mula sa kaniya kaysa sa mga pumupuri sa
kaniya gamit ang kaniyang dila. 24 Sinumang magnanakaw
sa kaniyang ama at kaniyang ina at sasabihing, “hindi
iyon kasalanan,” kasama siya ng mga maninira. 25 Ang
taong sakim ay lumilikha nang away, ngunit ang isa na
nagtitiwala kay Yahweh ay magtatagumpay. 26 Ang isa
na nagtitiwala sa kaniyang sariling puso ay isang hangal,
pero ang isang lumalakad sa karunungan ay lalayo mula
sa kapahamakan. 27 Ang nagbibigay sa mahirap ay hindi
magkukulang, pero sinumang magsara ng kaniyang mga
mata sa kanila ay tatanggap ng maraming mga sumpa. 28
Kapag nagtagumpay ang mga masasamang tao, itinatago
ng mga tao ang kanilang mga sarili, kung masusugpo ang
masasamang tao, dadami ang gumagawa ng tama.

**29** Ang isang tao na nakatanggap ng maraming
pagsasaway pero pinatitigas ang kaniyang leeg ay
mababali sa isang sandali na hindi na mapapagaling. 2
Kapag silang mga gumagawa ng tama ay umaangat, ang
mga tao ay nagdidiwang, pero kapag ang isang masamang
tao ang namuno, ang mga tao ay maghihinagpis. 3 Sinuman
ang nagmamamahal sa karunungan ay nagagawa ang
kaniyang ama na magdiwang, ngunit ang isang nananatiling
kasama ang mga masasamang tao ay sinisira ang kaniyang
kayamanan. 4 Ang hari ay itinatatag ang lupa sa pamamagitan
ng katarungan, ngunit wawasakin ito ng isang humuhingi
ng suhol. 5 Ang isang tao na pumupuri sa kaniyang kapit-
bahay ay inilalatag ang isang lambat para sa kaniyang mga
paa. 6 Ang isang masamang tao ay nahuli sa isang patibong
sa pamamagitan ng kaniyang sariling kasalanan, pero ang
isang gumagawa ng tama ay umaawit at nagsasaya. 7
Siyang gumagawa ng tama ay nakikiusap sa kapakanan
ng mahirap; ang masamang tao ay hindi naiintindihan ang
ganyang kaalaman. 8 Inilalagay ng mga mangungutya
ang isang lungsod sa apoy, pero silang mga matatalino
ay nag-aalis ng poot. 9 Kapag nakikipagtalo ang isang
taong matalino sa isang mangmang, siya ay galit na galit at
natatawa at ito ay walang tigil. 10 Ang uhaw sa dugo ay galit
sa isang walang kasalanan at hinahanangad ang buhay nang
matuwid. 11 Ang isang mangmang ay ipinahahayag ang
lahat ng kaniyang galit, pero ang isang taong matalino ay
pinipigilan ito at kinakalma ang kaniyang sarili. 12 Kung ang
isang pinuno ay nagbibigay pansin sa mga kasinungalingan,
lahat ng kaniyang mga opisyal ay magiging masama. 13
Ang taong mahirap at mapang-api ay magkatulad, sapagkat
si Yahweh ay parehong nagbibigay liwanag sa kanilang
mga mata. 14 Kung ang isang hari ay humahatol sa mga
mahihirap sa pamamagitan ng katotohanan, ang kaniyang
trono ay maitatatag nang walang hanggan. 15 Ang pamalo
at pagsaway ay nagbibigay ng karunungan, pero ang isang
batang malaya mula sa pagdidisiplina ay inilalagay ang
kaniyang ina sa kahihiyan. 16 Kapag ang mga masasamang
tao ay nasa kapangyarihan, ang pagsuway ay dumadami,
ngunit sila na gumagawa nang matuwid ay makikita ang
pagbagsak ng taong masama. 17 Disiplinahin ang inyong
anak at bibigyan ka niya nang kapahingahan; bibigyan
ka niya ng mga kagalakan sa inyong buhay. 18 Kapag
walang pahayag na pangitain, ang mga tao ay mamumuhay
nang marahas, ngunit pinagpala ang isang pinapanatili ang
batas. 19 Ang isang alipin ay hindi maitatama ng mga salita,
dahil kahit na naintindihan niya, walang magiging tugon. 20
Tingnan ang isang tao na padalus-dalos sa kaniyang mga
salita? Mayroong higit pang pag-asa para sa isang taong
mangmang kaysa sa kaniya. 21 Ang siyang nagbibigay ng
layaw sa kaniyang alipin mula sa kaniyang pagkabata, sa huli
nito ay magkakaroon ng kaguluhan. 22 Ang isang taong galit
ay pumupukaw ng away at ang isang pinuno ng pagkapoot ay
gumagawa ng maraming kasalanan. 23 Ang pagmamataas
ng isang tao ay ang magdadala sa kaniya pababa, pero
ang siyang may mapagpakumbabang kalooban ay bibigyan
nang karangalan. 24 Ang siyang nakikibahagi sa isang
magnanakaw ay nasusuklam sa kaniyang sariling buhay;

naririnig niya ang sumpa at walang anumang sinasabi. 25
Ang takot ng tao ay gumagawa ng isang bitag, ngunit ang
taong nagtitiwala kay Yahweh ay mapapangalagaan. 26
Marami ang humahanap sa mukha ng mga namumuno,
ngunit kay Yahweh nanggagaling ang katarungan para sa
kaniya. 27 Ang isang taong hindi makatarungan ay kasuklam-
suklam sa kanilang mga gumagawa ng matuwid, ngunit ang
isang may daang matuwid ay kasuklam-suklam sa mga
taong masasama.

**30** Ang mga kasabihan ni Agur, anak na lalaki ni
Jakeh—isang orakulo: Ipinahayag ng lalaking ito kay
Itiel, kay Itiel at Ucal: 2 Tiyak na ako ay mas katulad ng isang
hayop kaysa sa sinumang tao, at wala akong pang-unawa ng
isang tao. 3 Hindi ko natutunan ang karunungan, ni mayroon
akong kaalaman ng Tanging Banal. 4 Sino ang umakyat sa
langit at bumaba? Sino ang nagtipon ng hangin sa ilalim ng
kaniyang mga kamay? Sino ang nagtipon ng mga tubig sa
balabal? Sino ang nagtatag ng lahat ng mga hangganan ng
lupa? Ano ang kaniyang pangalan, at ano ang pangalan ng
kaniyang anak? Tiyak na alam mo! 5 Bawat salita ng Diyos
ay nasubok, siya ay isang panangga sa mga nagkukubli
sa kaniya. 6 Huwag magdagdag sa kaniyang mga salita, o
pagsasabihan ka niya at ikaw ay mapapatunayang isang
sinungaling. 7 Dalawang bagay ang hinihingi ko sa iyo,
huwag mo silang ipagkait sa akin bago ako mamatay. 8 Ilayo
mo sa akin ang kayabangan at kasinungalingan. Bigyan mo
ako ng hindi kahirapan ni kayamanan, bigyan mo lamang
ako ng pagkain na aking kailangan. 9 Dahil kung mayroon
akong labis, itatanggi kita at sasabihin, “Sino si Yahweh?”
O kung ako ay magiging mahirap, magnanakaw ako at
lalapastanganin ko ang pangalan ng aking Diyos. 10 Huwag
mong siraan ng puri ang isang alipin sa harapan ng kaniyang
panginoon, o isusumpa ka niya at papaniwalaang ikaw ang
may kasalanan. 11 Ang isang salinlahi na sinusumpa ang
kanilang ama at hindi pinagpapala ang kanilang ina, 12
iyan ang isang salinlahi na dalisay sa kanilang sariling mga
mata, ngunit hindi sila nahugasan sa kanilang karumihan. 13
Iyan ang isang salinlahi—gaano mapagmataas ang kanilang
mga mata at ang kanilang takipmata ay nakaangat! — 14
sila ang isang salinlahi na ang mga ngipin ay mga espada,
at kanilang mga panga ay mga kutsilyo, para lapain nila
ang mahirap mula sa lupa at ang nangangailangan mula
sa sangkatauhan. 15 Ang linta ay mayroong dalawang
anak na babae, “Magbigay at magbigay,” sigaw nila. May
tatlong bagay na hindi kailanman nasisiyahan, apat na hindi
kailanman nagsabing, “Tama na”: 16 Ang Sheol, ang baog
na sinapupunan, ang lupa na uhaw sa tubig, at ang apoy
na hindi kailanman nagsabing, “Tama na.” **(Sheol h7585)** 17
Ang mata na nangungutya sa isang ama at nasusuklam sa
pagsunod sa isang ina, ang kaniyang mga mata ay tutukain
ng mga uwak sa lambak, at siya ay kakainin ng mga buwitre.
18 May tatlong bagay na labis na kamangha-mangha para
sa akin, apat na hindi ko maintindihan: ang daan ng isang
agila sa langit; 19 ang ginagawa ng isang ahas sa isang
bato; ang ginagawa ng isang barko sa puso ng karagatan; at
ang ginagawa ng isang lalaki kasama ang isang dalaga. 20
Ito ang ginagawa ng isang nangangalunyang babae— siya
ay kumakain at kaniyang pinupunasan ang kaniyang bibig
at sinasabi, “Wala akong ginawang mali.” 21 Sa ilalim ng
tatlong bagay ang lupa ay nayayanig, at ang pang-apat ay
hindi na makakayanan nito: 22 ang isang alipin kapag siya
ay naging hari; ang isang hangal kapag siya ay puno ng
pagkain; 23 kapag ang isang kinamumuhian na babae ay
nagpakasal; at kapag ang isang babaeng utusan ay pumalit
sa pwesto ng kaniyang babaeng amo. 24 May apat na bagay
sa lupa na malilit, pero napakatatalino: 25 ang mga langgam
ay mga nilalang na hindi malalakas, pero hinahanda nila
ang kanilang pagkain sa tag-araw; 26 ang mga kuneho ay
hindi makapangyarihang nilalang, pero ginagawa nila ang
kanilang mga tahanan sa mga batuhan. 27 Ang mga balang
ay walang hari, pero lahat sila ay lumalakad ng maayos. 28
Para sa butiki, maaari mo itong hawakan ng iyong dalawang
kamay, pero sila ay natatagpuan sa mga palasyo ng mga
hari. 29 Mayroong tatlong bagay na marangal sa kanilang
mahabang hakbang, apat na marangal kung paano lumakad:
30 ang isang leon, ang pinakamalakas sa mga mababangis
na hayop— hindi ito tumatalikod mula sa kahit ano; ang
isang tandang mayabang sa paglalakad; 31 isang kambing;
at isang hari kung saan ang mga sundalo ay nasa tabi niya.
32 Kung ikaw ay naging hangal, dinadakila ang iyong sarili,
o kung ikaw ay nag-iisip ng kasamaan— ilagay mo ang
iyong kamay sa iyong bibig. 33 Katulad ng hinalong gatas na
nakakagawa ng mantikilya, at katulad ng ilong ng sinuman
na magdurugo kapag piningot, kaya ang gawain na ginawa
sa galit ay lumilikha nang kaguluhan.

**31** Ang mga salita ni Haring Lemuel—ang pananalita
na itinuro ng kaniyang ina sa kaniya. 2 Ano, aking
anak? At ano, anak sa aking sinapupunan? At ano, anak
ng aking mga panata? — 3 Huwag mong ibigay ang lakas
mo sa mga babae, o ang mga kaparaanan mo sa mga
naninira sa mga hari. 4 Hindi ito para sa mga hari, Lemuel,
hindi para sa mga hari ang uminom ng alak, ni para sa
mga namumuno ang magtanong, “Nasaan ang matapang
na inumin? 5 Dahil kung sila ay iinom, makakalimutan
nila kung ano ang naisabatas, at mababaluktot ang mga
karapatan ng lahat ng mga naghihirap. 6 Bigyan ang mga
taong nasasawi ng inuming matapang at alak sa mga taong
may mapait na kalungkutan. 7 Iinom siya at makakalimutan

niya ang kaniyang kahirapan, at hindi niya maaalala ang
kaniyang kabalisahan. **8** Magsalita ka para sa mga hindi
nakakapagsalita, para sa mga kapakanan ng lahat ng mga
napapahamak. **9** Magpahayag at humatol sa pamamagitan
ng panukat na matuwid at ipagtanggol ang kapakanan
ng mga mahihirap at ng mga taong nangangailangan.
**10** Sino ang makatatagpo ng may kakayahang asawang
babae? Ang halaga niya ay higit sa mamahaling hiyas.
**11** Ang puso ng kaniyang asawang lalaki ay nagtitiwala
sa kaniya, at kailanman hindi siya maghihirap. **12** Mga
mabubuting bagay ang ginagawa niya para sa kaniya at
hindi masama sa lahat ng mga araw ng kaniyang buhay.
**13** Pumipili siya ng balahibo at lana at gumagawa ng may
kasiyahan ang kaniyang mga kamay. **14** Katulad siya ng
mga barko ng mangangalakal; nagdadala siya ng pagkain
mula sa malayo. **15** Bumabangon siya habang gabi pa
at nagbibigay ng pagkain sa kaniyang sambahayan, at
ipinamamahagi niya ang mga gawain sa kaniyang mga
aliping babae. **16** Isinasaalang-alang niya ang bukirin at ito
ay binibili, sa pamamagitan ng bunga ng kaniyang mga
kamay, nakapagtanim siya ng ubasan. **17** Dinadamitan niya
ang kaniyang sarili ng lakas at pinalalakas niya ang kaniyang
mga braso. **18** Nauunawaan niya kung ano ang magbibigay
ng malaking kita para sa kaniya; buong gabi ay hindi namatay
ang kaniyang lampara. **19** Inilalagay niya ang kaniyang
mga kamay sa ikiran, at buhol na sinulid ay kaniyang
hinahawakan. **20** Ang mga taong mahihirap ay inaabot
niya ng kaniyang kamay; ang mga taong nangangailangan
ay inaabot niya ng kaniyang mga kamay. **21** Hindi siya
natatakot sa lamig ng niyebe para sa kaniyang sambahayan,
dahil ang kaniyang buong sambahayan ay nababalot ng
pulang makapal na kasuotan. **22** Gumagawa siya ng mga
sapin para sa higaan niya at mga lilang damit na pinong
lino ang sinusuot niya. **23** Ang kaniyang asawa ay kilala
sa mga tarangkahan, kapag umuupo siya kasama ng mga
nakatatanda sa bayan. **24** Gumagawa at nagbebenta siya
ng linong kasuotan, at nagmumula sa kaniya ang mga sintas
ng mga mangangalakal. **25** Ang kalakasan at karangalan
ay suot niya, at sa oras na darating, siya ay tumatawa. **26**
Binubuksan niya ang kaniyang bibig ng may karunungan, at
nasa kaniyang dila ang batas ng kabaitan. **27** Binabantayan
niya ang pamamaraan ng kaniyang sambahayan at hindi
kumakain ng tinapay ng pagkabatugan. **28** Ang kaniyang
mga anak ay babangon at tinatawag siyang pinagpala;
ang kaniyang asawang lalaki ay pupurihin na nagsasabing,
**29** "Maraming mga babae ang gumawa ng mabuti, ngunit
hinihigitan mo silang lahat." **30** Ang pagiging elegante ay
mapanlinlang, ang kagandahan ay walang kabuluhan, pero
ang babaeng may takot kay Yahweh ay mapapapurihan. **31**
Ibigay mo sa kaniya ang bunga ng mga kaniyang kamay, at
hayaan mong ang kaniyang mga gawa, sa mga tarangkahan,
siya ay papurihan.

# Mangangaral

1 Ito ang mga salita ng Mangangaral, ang anak ni David
at hari sa Jerusalem. 2 Sabi ng Manganagaral. “Tulad ng
isang singaw ng ambon, tulad ng isang simoy sa hangin,
lahat ay maglalaho, mag-iiwan ng maraming katanungan. 3
Anong mapapala ng sangkatauhan mula sa lahat ng gawain
na kanilang pinaghirapan sa ilalim ng araw? 4 Isang angkan
ang lumilipas, at isa namang angkan ang dumarating, ngunit
mananatili ang daigdig magpakailanman. 5 Sumisikat ang
araw at lumulubog ito at nagmamadaling babalik sa lugar
kung saan muli itong sisikat. 6 Umiihip ang hangin sa timog
at magpapaikot-ikot hanggang sa hilaga, laging lilibot sa
ganitong landas at magpapabalik-balik muli. 7 Umaagos
patungo sa dagat ang lahat ng mga ilog, ngunit ang dagat
ay di mapupuno. Kung saan patungo ang ilog, doon muli ito
tutungo. 8 Ang lahat ay nakakapagod, at wala ni isa man
makapagpapaliwanag nito. Ang mata ay walang kasiyahan
sa nakikita nito, ni tainga man ay napupuno ng naririnig
nito. 9 Anuman ang nangyari ay siya rin ang mangyayari, at
anuman ang nagawa ay siyang magagawa. Walang bago
sa ilalim ng araw. 10 Mayroon bang anumang bagay na
maaaring masabi, 'Masdan mo, ito ay bago'? Anuman ang
nangyayari ay nangyari na sa matagal na panahon, noong
mga panahong nauna pa sa atin. 11 Tila wala ni isa man
ang nakakaalala sa mga bagay na naganap sa sinaunang
panahon. At ang mga bagay na nangyari sa nauna pang
panahon at ang mangyayari sa hinaharap ay malamang
na hindi rin maaalala.” 12 Ako ang Mangangaral, at ako ay
naging hari ng buong Israel sa Jerusalem. 13 Inilaan ko
ang aking pag-iisip sa pag-aaral at pagsisiyasat gamit ang
karunungan sa lahat ng ginawa sa ilalim ng kalangitan. Ang
pagsisiyasat na iyon ay isang mabigat na gawain na ibinigay
ng Diyos sa mga anak ng tao upang pagka-abalahan. 14
Nakita ko ang lahat ng gawaing ginanap sa ilalim ng araw,
at masdan, lahat ng mga ito ay magiging singaw at isang
pagtangkang habulin ang hangin. 15 Ang baluktot ay hindi
na maitutuwid. Ang nawala ay hindi na mabibilang. 16 Sinabi
ko sa aking puso, “Masdan, ang nakamit kong karunungan
ay higit kaysa mga nauna sa akin sa Jerusalem. Nakita ng
aking isip ang malawak na karunungan at kaalaman. 17 Kaya
inilagay ko sa aking puso na matutunan ang karunungan at
maging kabaliwan at kahangalan din. Naintindihan ko rin
na ito ay isang pagtangkang habulin ang hangin. 18 Dahil
sa kasaganaan ng karunungan ay maraming kabiguan, at
siya na nagdaragdag nang kaalaman ay nagdaragdag nang
kalungkutan.

2 Sinabi ko sa aking puso, “Pumarito ka ngayon, susubukin
kita sa kasayahan. Kaya magsawa ka sa kalayawan.”
Ngunit masdan, ito rin ay pansamantala lamang. 2 Sabi
ko tungkol sa halakhak, “ito ay kabaliwan,” at tungkol sa
kasiyahan, “Anong silbi nito” 3 Sinaliksik ko sa aking puso
kung paano ko mapagbibigyan ang aking mga pagnanasa
sa pag-inom ng alak. Hinayaan kong gabayan ako ng
karunungan kahit na pinanghahawakan ko pa rin ang
kahangalan. Nais kong malaman kung ano ang makabubuti
para sa tao na gawin sa ilalim ng kalangitan sa mga araw ng
kanilang mga buhay. 4 Nagawa ko ang mga dakilang bagay.
Nagtayo ako ng mga bahay para sa aking sarili at nagtanim
ng mga ubasan. 5 Nagtayo ako ng mga hardin at mga
liwasan para sa aking sarili; sa loob ng mga ito ay nagtanim
ako nang lahat ng uri ng bungang kahoy. 6 Lumikha ako
ng mga lawa ng tubig upang diligan ang isang kagubatan
kung saan naglalakihan ang mga puno. 7 Bumili ako ng
mga aliping lalaki at aliping babae; mayroon akong mga
aliping isinilang sa aking palasyo. Mayroon din akong mga
malalaking pag-aari na mga bakahan at mga kawan, higit na
marami kaysa sa sinumang haring namuno sa Jerusalem
bago ako. 8 Nakapag-ipon ako para sa aking sarili ng pilak
at ginto, ang mga kayamanan ng mga hari at mga lalawigan.
Mayroon akong mga lalaki at babaeng mang-aawit para
sa aking sarili; sa pagmamagitan ng maraming asawa at
mga iba pang babaeng kinakasama, ginawa ko ang mga
bagay na maaaring magdulot nang kaligayahan sa sinumang
lalaki sa ibabaw ng mundo. 9 Kaya ako ay naging higit na
dakila at mas mayaman kaysa sa lahat ng nauna sa akin sa
Jerusalem, at ang aking karunungan ay nanatili sa akin.
10 Anuman ang hangarin ng aking mga mata, hindi ako
nagpipigil sa kanila. Hindi ko pinipigil ang aking puso sa
anumang kasiyahan, dahil ang puso ko ay natuwa sa lahat ng
pinaghihirapan ko, at ang kasiyahan ay ang aking gantimpala
sa lahat ng aking gawain. 11 Pagkatapos minasdan ko ang
lahat ng mga gawain na tinapos gawin ng aking mga kamay,
at sa pinagsikapang gawin, ngunit muli, ang lahat ng bagay
ay parang singaw at isang pagtangkang habulin ang hangin.
Wala itong pakinabang sa ilalim ng araw. 12 Pagkatapos
bumaling ako para pagtuunan ang karunungan, gayundin
ang kabaliwan at kahangalan. Para ano ang maaaring
gawin ng susunod na hari, na hindi pa rin nagagawa? 13
Pagkatapos nagsimula kong maunawaan na ang karunungan
ay mayroong kalamangan sa kamangmangan, gaya ng
liwanag na mas mabuti kaysa kadiliman. 14 Ang matalinong
tao ay ginagamit ang kaniyang mga mata sa kaniyang
ulo para makita ang kaniyang patutunguhan, pero ang
mangmang ay naglalakad sa kadiliman, kahit na alam kong
iisang kapalaran ang nakalaan sa lahat. 15 Pagkatapos

sinabi ko sa aking puso, “Kung ano ang mangyayari sa
mangmang ay mangyayari rin sa akin. Kaya anong mayroong
pagkakaiba kung ako ay napakatalino?” Napagpasyahan ko
na sa aking puso, “Ito man ay parang singaw lamang.” 16
Para sa matalinong tao, tulad ng mangmang, ay hindi na
maaalala sa mahabang panahon. Sa mga darating na mga
panahon ang lahat ay matagal na kalilimutan. Ang taong
matatalino ay mamamatay katulad lang ng mangmang. 17
Kaya kinamuhian ko ang buhay dahil lahat ng ginawa sa
ilalaim ng araw ay masama para sa akin. Ito ay dahil ang
lahat ay parang singaw at isang pagtangkang habulin ang
hangin. 18 Kinamuhian ko ang lahat ng aking natupad na
aking pinaghirapan sa ilalim ng araw dahil kailangang iwanan
ko sila sa taong susunod sa akin. 19 At sino ang nakakaalam
kung siya ay magiging matalinong tao o isang mangmang?
Gayunman siya ay magiging panginoon sa lahat ng bagay sa
ilalim ng araw kung saan naitayo ang aking gawa at naitatag
ang aking karunungan. Ito rin ay usok. 20 Dahil doon nag-
umpisang malungkot ang aking puso sa lahat ng paghihirap
na aking ginawa sa ilalim ng araw. 21 Sapagkat maaaring
may isang taong gumagawa nang may karunungan, may
kaalaman, at kahusayan, ngunit iiwan niya ang lahat na
mayroon siya sa isang taong walang nagawa sa anuman
dito. Ito rin ay usok at isang malaking kapahamakan. 22 Para
sa anong pakinabang ang makukuha ng tao na nagsisikap
magtrabaho at sa kaniyang puso ay pinipilit tapusin ang
kaniyang mga gawain sa ilalim ng araw? 23 Bawat araw,
ang kaniyang trabaho ay masakit at mahirap, kaya sa
gabi ang kaniyang kaluluwa ay hindi makahanap nang
kapahingahan. Ito rin ay usok. 24 Walang mabuti sa isang
tao maliban lamang sa kumain at uminom at masiyahan sa
kung ano ang mabuti sa kaniyang ginagawa. Nakita ko na
ang katotohanang ito ay nagmumula sa kamay ng Diyos.
25 Kaya sino ang makakakain o sino ang magkakamit ng
kahit anong uri nang kasiyahan na hiwalay sa Diyos? 26
Kaya sa isang taong nagbibigay lugod sa kaniya, ibinibigay
ng Diyos ang karunungan, kaalaman at kagalakan. Gayun
man, sa makasalanan ibinibigay niya ang gawain ng pag-
iipon at pagtatabi para maaari niyang ibigay ito sa isang
taong nagbibigay kaluguran sa Diyos. Ito rin ay katumbas ng
singaw at isang pagtangkang habulin ang hangin.

3 Sa lahat ng mga bagay ay mayroong isang itinakdang
panahon, at isang kapanahunan sa bawat layunin sa
ilalim ng langit. 2 Panahon ng kapanganakan at panahon
ng kamatayan, panahon ng pagtatanim at panahon ng
pagbubunot ng mga pananim, 3 panahon ng pagpatay
at panahon ng pagpapagaling, panahon ng paggiba at
panahon ng pagtatayo, 4 panahon ng pag-iyak at panahon
ng pagtawa, panahon ng pagtangis at panahon ng pagsayaw,
5 panahon ng paghahagis ng mga bato at panahon ng pag-
iipon ng mga bato, panahon na pagyakap sa ibang tao, at
panahong hindi pagyakap, 6 panahon sa paghahanap sa
mga bagay at panahon ng paghinto sa paghahanap, panahon
ng pag-iingat ng mga bagay at panahon ng pagtatapon
ng mga bagay, 7 panahon ng pagpunit ng kasuotan at
panahon ng pananahi ng kasuotan, panahon ng pananahimik
at panahon ng pagsasalita, 8 panahon ng pag-ibig at
panahon ng pagkamuhi, panahon ng digmaan at panahon
ng kapayapaan. 9 Anong pakinabang ang makukuha ng
manggagawa sa kaniyang gawain? 10 Nakita ko na ang
gawain na ibinigay ng Diyos sa tao para tapusin. 11 Ginawang
angkop ng Diyos ang lahat ng bagay para sa bawat panahon.
Inilagay din niya ang kawalang hanggan sa kanilang mga
puso. Ngunit hindi nauunawaan ng sangkatauhan ang mga
gawang ginawa ng Diyos, mula sa simula hanggang sa
wakas. 12 Alam ko na walang mabuti sa isang tao maliban
sa magsaya at gumawa nang kabutihan habang siya ay
nabubuhay— 13 at ang bawat isa ay dapat kumain at
uminom, at dapat maunawaan kung paano matuwa sa
kabutihang nagmumula sa lahat ng kanyang ginawa. Ito ay
isang kaloob mula sa Diyos. 14 Alam ko na anuman ang
ginawa ng Diyos ay magtatagal magpakailanman. Walang
maaaring maidagdag pa o maalis, dahil ang Diyos ang siyang
gumawa dito upang lumapit ang mga tao sa kaniya nang
may karangalan. 15 Anuman ang nangyayari ay nangyari
na; anuman ang mangyayari pa ay nangyari na. Hinahayaan
ng Diyos na hanapin ng tao ang mga nakatagong bagay. 16
At nakita ko sa ilalim ng araw na kasamaan ang nangyayari
kung saan dapat naroon ang katarungan, at sa lugar nang
katuwiran, kasamaan ay madalas matagpuan. 17 Sinabi ko
sa aking puso, “Hahatulan ng Diyos ang matuwid at ang
masama sa tamang panahon sa bawat bagay at sa bawat
ginawa. 18 Sinabi ko sa aking puso, “Sinusubok ng Diyos
ang tao para ipakita sa kanila na sila ay tulad ng mga hayop.
19 Dahil parehong kapalaran ang nagaganap sa mga tao
na nagaganap sa mga hayop. Katulad ng mga hayop, ang
mga tao ay lahat namamatay. Lahat sila ay dapat ihinga ang
parehong hangin, upang sa gayong paraan ang mga tao
ay walang kalamangan sa mga hayop. Hindi ba ang lahat
ng bagay ay isang mabilis na paghinga lamang. 20 Lahat
ng bagay ay mapupunta sa iisang lugar. Lahat ng bagay
ay nagmula sa alabok, at lahat ng bagay ay nagbabalik sa
alabok. 21 Sinong nakakaalam kung ang kaluluwa ng mga
tao ay mapupunta paitaas at ang kaluluwa ng mga hayop
ay mapupunta sa lupa? 22 Kaya muli kong naunawaan na
walang mainam sa kahit na sinong tao kundi magalak sa
kaniyang gawain, dahil ito ang kaniyang bahagi. Sino ang

maaaring magpabalik sa kaniya upang maipakita kung ano
ang magaganap pagkatapos niya?

4 Minsan inisip ko ang tungkol sa lahat nang pag-uusig na
ginagawa sa ilalim ng araw. Pagmasdan ang mga luha ng
mga taong inusig. Wala silang taga-aliw. Ang kapangyarihan
ay nasa kamay ng kanilang mang-uusig, ngunit walang taga-
aliw ang mga taong inuusig. 2 Kaya binabati ko ang mga
patay na tao, silang mga namatay na, hindi ang nabubuhay,
sila na nanatiling buhay pa. 3 Subalit, mas mapalad kaysa
sa kanilang dalawa ang isang hindi pa nabubuhay, ang
isang hindi nakakita ng anumang masamang gawain na
ginawa sa ilalim ng araw. 4 Pagkatapos aking nakita na
ang bawat paggawa at bawat mahusay na paggawa ay
kinaiingitan ng kanilang kapwa. Ito rin ay parang singaw at
isang pagtangkang habulin ang hangin. 5 Ang mangmang
ay naghahalupkipkip ang kaniyang mga kamay at hindi
gumagawa, kaya ang kaniyang pagkain ay kaniyang sariling
laman. 6 Ngunit mas mabuti ang isang dakot na pakinabang
sa matahimik na gawain kaysa dalawang dakot ng gawain
na sinusubukang habulin ang hangin. 7 Pagkatapos muli
kong naisip ang tungkol sa marami pang walang kabuluhan,
marami pang naglalahong usok sa ilalim ng araw. 8
Mayroong isang uri ng tao na nag-iisa. Wala siyang kahit
na sino, walang anak o kapatid. Walang katapusan ang
lahat ng kaniyang gawain, at ang kaniyang mga mata ay
hindi nasisiyahan sa pagdami ng kayamanan. Nagtataka
siya, "Para kanino ang aking pagbubungkal at inaalis sa
sarili ko ang kasiyahan? Ito rin ay usok, isang masamang
kalagayan. 9 Ang gawain ng dalawang tao ay mas mabuti
kaysa sa isa; sabay silang makikinabang sa isang mainam
na kabayaran sa kanilang gawain. 10 Kapag nabuwal ang
isa, maaaring ibangon ng isa ang kaniyang kaibigan. Subalit,
kalungkutan ang sumusunod sa nag-iisa kapag nabuwal
siya kung walang magbabangon sa kaniya. 11 At kung ang
dalawa ay magkasamang mahihiga, maaari silang mainitan,
ngunit paanong maaaring mainitan ang nag-iisa. 12 Ang
isang taong nag-iisa ay maaaring madaig, ngunit maaring
mapagtagumpayan ng dalawa ang isang pagsalakay, at
ang isang tatlong ikit na lubid ay hindi agad malalagot. 13
Mainam pa ang maging isang mahirap pero matalinong
kabataan kaysa sa isang matanda at hangal na haring
hindi na marunong makinig sa mga babala. 14 Ito ay totoo
kahit maging hari ang kabataang mula sa bilangguan, o
kahit ipinanganak siyang mahirap sa kaniyang kaharian. 15
Subalit, nakita ko ang lahat nang nabubuhay at naglilibot sa
ilalim ng araw ipinapasailalim ang kanilang mga sarili sa isa
pang kabataang tumayo bilang hari. 16 Walang katapusan
ang lahat ng taong nais sundin ang bagong hari, pero
kalaunan marami sa kanila ay hindi na pupuri sa kaniya.
Sigurado ang kalagayang ito ay parang singaw at isang
pagtangkang habulin ang hangin.

5 Ingatan ang inyong pag-uugali kapag kayo ay nasa
tahanan ng Diyos. Magtungo doon para makinig. Mas
mabuti ang pakikinig kaysa mga handog ng mga mangmang
habang hindi nalalaman na ang kanilang ginagawa sa
buhay ay masama. 2 Huwag agad-agad magsasalita ang
inyong bibig, at huwag hayaan ang inyong puso ay agad-
agad maghain ng anumang bagay sa harapan ng Diyos.
Ang Diyos ay nasa langit, ngunit ikaw ay nasa ibabaw ng
mundo, kaya hayaang kakaunti ang iyong mga salita. 3
Kapag ikaw ay napakaraming ginagawa at iniintindi, ikaw
ay maaaring magkaroon ng mga masamang panaginip. At
habang dumadami ang iyong sinasabi, lalong dumadami ang
mga kahangalang maaaring masasabi mo pa. 4 Kapag ikaw
ay mamamanata sa Diyos, huwag patagalin ang pagtupad
nito, dahil walang kasiyahan ang Diyos sa mga mangmang.
Gawin ang iyong panata. 5 Mas mainam pa na hindi
magbigay ng isang panata kaysa magbigay ng isa na hindi
mo naman matutupad. 6 Huwag hayaan ang inyong mga
bibig ay magdulot ng kasalanan sa inyong katawan. Huwag
ninyong sabihin sa tagapagbalita ng pari, "Ang panatang
iyon ay isang pagkakamali." Bakit ginagalit ang Diyos sa
maling panata, hinahamon ang Diyos upang wasakin ang
gawa ng iyong mga kamay? 7 Kaya sa maraming mga
panaginip, katulad ng maraming mga salita, ito ay walang
kabuluhang parang singaw. Kaya matakot sa Diyos. 8 Kapag
nakikita mong inaapi ang mahihirap at pinagnanakawan
ng katarungan at wastong pagtrato sa iyong lalawigan,
huwag magtaka na para bang walang nakaka-alam, dahil
mayroong mga taong nasa kapangyarihan na nangangalaga
sa kanilang nasasakupan at mayroon pang mas mataas
sa kanila. 9 Karagdagan pa, ang ani ng lupain ay para
sa lahat, at nakikinabang ang hari mismo sa ani mula
sa mga bukirin. 10 Sinumang nagmamahal sa pilak ay
hindi masisiyahan sa pilak, at sinuman ang nagmamahal
sa yaman ay maghahangad pa nang marami. Ito din ay
parang singaw. 11 Habang nadaragdagan ang kasaganaan,
gayon din naman ang mga taong nangangailangan nito.
Anong pakinabang sa may-ari ng yaman ang mayroon
ito kundi pagmasdan ito ng kaniyang mga mata? 12 Ang
tulog ng isang manggagawa ay mahimbing, kahit kaunti
ang kinain o napakarami, ngunit ang kayamanan ng taong
mayaman ay hindi siya pinahihintulutang matulog nang
mahimbing. 13 Mayroon isang malubhang kasamaan na
aking nakita sa ilalim ng araw: mga kayamanang inimbak
ng may-ari, nagdudulot ng sarili niyang kapighatian. 14
Kapag nawala ng mayaman na tao ang kaniyang kayamanan
dahil sa kamalasan, ang sarili niyang anak, na kaniyang

inaruga ay walang naiwang anuman sa kaniyang mga
kamay. 15 Gaya ng isang taong ipinanganak nang hubad
mula sa sinapupunan ng kaniyang ina, gayon din hubad
niyang iiwan ang buhay na ito. Walang madadala ang
kaniyang kamay mula sa kaniyang paggawa. 16 Isa pang
malubhang kasamaan ay kung paanong dumating ang isang
tao, gayon din siya dapat umalis. Kaya anong pakinabang
ang makukuha ng sinuman na gumagawa para sa hangin?
17 Sa kaniyang kapanahunan, kumakain siya kasama ang
kadiliman at lubhang balisa sa kaniyang karamdaman at
galit. 18 Pagmasdan mo, ang nakita kong mabuti at karapat-
dapat ay kumain at uminom at magsaya sa pakinabang
mula sa lahat ng ating gawain, habang tayo ay gumagawa
sa ilalim ng araw sa lahat ng mga araw nitong buhay na
ibinigay ng Diyos sa atin. Dahil ito ang bahagi ng tao. 19
Ang sinumang pinagkalooban ng Diyos ng kayamanan,
kasaganaan at ang kakayahang tanggapin ang kaniyang
bahagi at magalak sa kaniyang gawain – ito ay isang kaloob
mula sa Diyos. 20 Sapagkat hindi niya madalas inaalala ang
mga araw ng kaniyang buhay, dahil ginagawa ng Diyos na
siya ay maging abala sa mga bagay na nasisiyahan niyang
gawin.

**6** Mayroon akong nakitang masama sa ilalim ng araw, at ito
ay malubha para sa mga tao. 2 Maaaring magbigay ang
Diyos ng kayamanan, kasaganaan at karangalan sa isang
tao upang hindi siya magkulang sa mga hinahangad niya
para sa kaniyang sarili, ngunit pagkatapos, hindi ibibigay
ng Diyos ang kakayahan upang magsaya sa mga ito. Sa
halip, iba pa ang makikinabang ng kaniyang mga kagamitan.
Ito ay parang singaw, isang masamang kalungkutan. 3
Kung ang isang lalaki ay maging ama ng isang daang
anak at mabuhay ng maraming taon, sa gayon ang mga
araw ng kaniyang mga taon ay marami, ngunit kung hindi
nasiyahan ang kaniyang puso sa kabutihan at siya ay hindi
inilibing nang may karangalan, kaya aking sasabihin na
ang isang sanggol na patay ipinanganak ay mas mabuti pa
kaysa sa kaniya. 4 Kahit pa ang isang sanggol ay isinilang
nang walang kabuluhan at mamamatay sa kadiliman at ang
kaniyang pangalan ay mananatiling lihim. 5 Kahit hindi na
nakita ng batang ito ang araw o nalaman ang anumang
bagay, ito ay may kapahingahan bagaman ang taong iyon
ay wala. 6 Kahit mabubuhay ang isang tao ng dalawang
libong taon ngunit hindi matutunang matuwa sa mabuting
mga bagay, mapupunta siya sa parehong lugar kagaya ng
iba pa. 7 Kahit na lahat ng gawain ng isang tao ay para
punuin ang kaniyang bibig, gayon man ang kaniyang gana
sa pagkain ay hindi mapupunan. 8 Kaya, anong pakinabang
mayroon ang matalinong tao na higit pa sa hangal? Anong
pakinabang mayroon ang isang mahirap na tao kahit pa
malaman niya kung paano kumilos sa harapan ng iba? 9
Mabuti pang masiyahan sa nakikita ng mga mata kaysa
sa paghahangad ng isang lumalawak na pananabik sa
pagkain, na para ring singaw at isang pagtangkang habulin
ang hangin. 10 Anumang bagay ang naririto ay nabigyan
na ng kaniyang pangalan, at nalalaman na kung ano ang
katulad ng sangkatauhan. Kaya walang saysay makipagtalo
sa isang makapangyarihang hukom ng lahat. 11 Kapag mas
maraming sinasabi, lalong walang kabuluhan, kaya ano
nga ba pakinabang niyan sa isang tao? 12 Dahil sino ang
nakakaalam ng mabuti sa buhay ng tao sa kaniyang walang
kabuluhan at bilang na mga araw na kaniyang dadaanan
tulad ng isang anino? Sino ang makapagsasabi sa isang tao
kung ano ang sasapitin sa ilalim ng araw pagkatapos siyang
mamatay?

**7** Ang mabuting pangalan ay mas mahalaga sa mamahaling
pabango at ang araw ng kamatayan ay higit na mabuti sa
araw nang kapanganakan. 2 Mas mabuting magtungo sa
lamayan kaysa bahay ng kasayahan, dahil dumarating sa
lahat ng tao ang pagluluksa sa katapusan ng buhay, kaya
dapat ilagay ito sa puso ng mga taong nabubuhay pa. 3 Ang
kalungkutan ay mas mabuti sa katuwaan, dahil pagkatapos
ng kalungkutan ng mukha sasapit ang kagalakan ng puso. 4
Ang puso ng matalino ay nasa bahay ng pagluluksa, ngunit
ang puso ng mangmang ay nasa bahay nang kasayahan.
5 Mas mabuting makinig sa pagsuway ng matalino kaysa
pakinggan ang awit ng mga mangmang. 6 Dahil tulad ng
nasusunog na mga tinik sa ilalim ng isang palayok, gayon
din ang halakhak ng mga mangmang. Ito man ay usok. 7
Tunay na ang pangingikil ay nagpapamangmang sa mga
matatalinong tao, at ang suhol ay nagdudungis ng puso.
8 Mas mabuti ang katapusan ng isang bagay kaysa sa
simula; at ang taong may diwang mahinahon ay mas mabuti
kaysa ang palalong kaisipan. 9 Huwag madaling magalit
sa iyong diwa, dahil naninirahan ang galit sa puso ng mga
mangmang. 10 Huwag sabihin, “Bakit ang mga nakaraang
mga araw ay mas mabuti kaysa sa mga ito? Ngunit ito ay
hindi dahil sa karunungan kaya tinanong n'yo ito. 11 Ang
karunungan ay kasing-inam ng mahahalagang mga bagay
na ating minana mula sa ating mga ninuno. Nagdudulot
ito ng mga pakinabang sa mga nakakakita sa araw. 12
Sapagkat ang karunungan ay nagdudulot ng pangangalaga
gaya ng pagdudulot ng salapi nang pangangalaga, ngunit
ang kalamangan ng kaalaman ay nagbibigay ng buhay ang
karunungan sa sinumang mayroon nito. 13 Pag-isipan ang
mga ginawa ng Diyos: Sino ang maaaring magtuwid ng
anumang bagay na ginawa niyang baluktot? 14 Kapag mabuti
ang mga panahon, masayang mamuhay sa kabutihang
iyon, ngunit kapag masama ang mga panahon, pag-isipan

ito: ipinahintulot ng Diyos na magkatabing mamalagi ang
dalawang ito. Sa kadahilanang ito, walang isa man ang
makakaalam ng anumang bagay na darating sa kaniya. 15
Nakita ko ang maraming bagay sa aking walang kahulugang
mga panahon. Mayroong mga matuwid na taong naglalaho
sa kabila ng kanilang pagkamakatuwiran, at mayroong
masasamang taong nabubuhay nang mahabang buhay kahit
na sila ay masama. 16 Huwag maging mapagmatuwid sa
sarili, matalino sa iyong sariling mga mata. Bakit dapat
mong sirain ang iyong sarili? 17 Huwag maging napakasama
o mangmang. Bakit dapat kang mamatay ng wala pa
sa iyong oras? 18 Makakabuti na iyong panghahawakan
ang karunungang ito, at huwag nang ilalayo ang iyong
mga kamay sa katuwiran. Dahil ang taong may takot sa
Diyos ay makatutupad sa lahat ng kaniyang mga tungkulin.
19 Ang karunungan ay makapangyarihan sa matalinong
tao, higit pa sa sampung pinuno ng isang lungsod. 20
Walang isang matuwid na tao sa ibabaw ng mundo na
gumagawa nang kabutihan at kailanman hindi nagkasala.
21 Huwag mong pakinggan ang bawat salitang sinasabi,
dahil maaaring mong marinig ang sumpa ng alipin mo sa
iyo. 22 Sapagkat madalas ding nalalaman ng iyong sarili
na sa iyong puso ay malimit mong sinusumpa ang iba.
Katulad nang pagkilala mo sa iyong sarili na sa iyong
sariling puso ay madalas mong sumpain ang iba. 23
Ang lahat ng ito ay napatunayan ko sa pamamagitan ng
karunungan. Sinabi ko, “Magiging matalino ako,” ngunit ito
ay higit sa ninais ko. 24 Napakalayo at napakalalim ng
karunungan. Sino ang makakahanap nito? 25 Ibinaling ko
ang aking puso sa pag-aaral at pagsusuri at pagsaliksik
sa karunungan at ang mga paliwanag ng katotohanan,
at maunawaan na ang kasamaan ay kahangalan at ang
kamangmangan ay kabaliwan. 26 Natuklasan ko na mas
mapait kaysa kamatayan ang sinumang babae na ang puso
ay puno ng mga patibong at mga bitag at ang kaniyang
mga kamay ay mga tanikala. Sinumang nakalulugod sa
Diyos ay makakatakas sa kaniya, ngunit ang makasalanan
ay makukuha niya. 27 “Pag-isipan kung ano ang aking
natuklasan,” sabi ng Mangangaral. Idinadagdag ko ang isang
natuklasan sa iba pa para magkaroon ng isang paliwanag
ng katotohanan. 28 Ito pa rin ang aking hinahanap, ngunit
hindi ko pa rin ito natatagpuan. May natagpuan akong isang
matuwid na lalaki sa gitna ng isang libo, ngunit hindi ko
natagpuan ang isang babae sa kanilang lahat. 29 Natuklasan
ko ang isang ito: na nilikha ng Diyos ang sangkatauhan na
matuwid, ngunit sila ay lumayong naghahanap sa maraming
kahirapan.

**8** Ano ang isang taong matalino? Ito ay isang taong
nakakaalam ng kahulugan ng mga kaganapan sa buhay.
Ang karunungan sa isang tao ay nagpapaningning ng
kaniyang mukha, at ang katigasan sa kaniyang mukha
ay nagbabago. 2 Pinapayuhan ko kayong sundin ang
utos ng hari dahil sa pangako ng Diyos na ipagtatanggol
siya. 3 Huwag magmadaling lumayo sa harapan niya at
huwag kang mamalagi sa maling bagay, dahil magagawa ng
hari ang anumang ninanais niya. 4 Ang salita ng hari ay
maghahari, kaya sino ang magsasabi sa kaniya, “Ano ang
iyong ginagawa?” 5 Sinumang sumusunod sa mga utos ng
hari ay lumalayo sa kapahamakan. Ang isang matalinong
puso ng tao ay nakikilala ang nararapat na landas at oras
ng pagkilos. 6 Sapagkat sa bawat bagay ay mayroong
wastong pagtugon at oras sa pagtugon, dahil ang mga
kaguluhan ng tao ay napakalaki. 7 Walang nakakaalam
kung ano ang susunod. Sino ang makapagsasabi sa kaniya
kung ano ang susunod? 8 Walang may kapangyarihang
pigilan ang paghinga ng hangin ng buhay, at walang may
kapangyarihan sa araw ng kaniyang kamatayan. Walang
tinitiwalag sa hanay ng hukbo habang nasa isang digmaan,
at ang kasamaan ay hindi magliligtas sa mga alipin nito.
9 Naintindihan ko ang lahat ng ito; inilagay ko sa aking
puso ang bawat uri ng gawa na naganap sa ilalim ng araw.
Mayroong isang panahon kung saan ang isang tao ay may
kakayahang gumawa ng masama sa iba. 10 Kaya nakita
kong lantarang inilibing ang masama. Sila ay dinala mula sa
lugar at inilibing saka pinuri ng mga tao sa lungsod kung
saan nila ginagawa ang masasamang mga gawain. Ito rin
ay walang pakinabang. 11 Kapag ang isang hatol sa isang
masamang krimen ay hindi agad ipinatupad, hinihikayat nito
ang puso ng taong gumawa ng masama. 12 Kahit isang
daang ulit gumagawa ng masama ang isang makasalanan
at nabubuhay pa rin sa mahabang panahon, gayon man
alam ko na magiging mabuti sa mga gumagalang sa Diyos,
siyang pinararangalan ang kaniyang presensiya sa kanila.
13 Ngunit hindi magiging mabuti sa isang taong masama;
ang kaniyang buhay ay hindi pahahabain. Ang kaniyang
mga araw ay katulad ng isang naglalahong anino dahil hindi
niya pinararangalan ang Diyos. 14 May isa pang walang
silbing usok - isang bagay pa na naganap sa ibabaw ng
mundo. Ang mga bagay na nangyayari sa taong matuwid
ay nangyayari din sa taong masama, at ang mga bagay
na nangyayari sa taong masama ay nangyayari din sa
taong matuwid. Sinasabi ko na ito rin ay walang silbing
parang singaw. 15 Kaya ipinayo ko ang kasayahan, dahil
ang isang tao ay walang mas mabuting gawin sa ilalim ng
araw maliban sa kumain at uminom at maging masaya.
Itong kasiyahan ang makakasama niya sa kaniyang gawain
sa lahat ng mga araw ng kaniyang buhay na ibinigay ng
Diyos sa kaniya sa ilalim ng araw. 16 Nang ginamit ko ang

aking puso upang malaman ang karunungan at maunawaan
ang gawaing naganap sa ibabaw ng mundo, ang gawaing
madalas nagaganap nang walang tulog para sa mga mata
sa gabi o sa araw, **17** at namasdan ko lahat ng gawain
ng Diyos at hindi maunawaan ng tao ang gawaing ginawa
sa ilalim ng araw. Gaano man ang pagsisikap ng tao para
hanapin ang mga kasagutan, hindi niya ito mahahanap.
Kahit na sa paniwala ng isang matalino ay alam na niya ang
lahat, sa totoo lang hindi niya alam.

**9** Dahil inisip kong mabuti ang lahat ng mga ito para
maintindihan ang mga matuwid at matalino at ang
kanilang mga gawa. Lahat sila ay nasa mga kamay ng
Diyos. Dahil walang nakakaalam kung pag-ibig o pagkamuhi
ang darating sa isang tao. **2** Ang lahat ng tao ay may
parehong kapalaran. Parehong kapalaran ang naghihintay
sa mga matuwid na tao at makasalanan, mabuting mga tao
at masama, ang malinis at marumi, at ang nag-aalay at
ang hindi nag-aalay. Tulad ng pagkamatay ng mabubuting
tao, ganoon din ang makasalanan. Tulad ng pagkamatay
ng nanunumpa, ganoon din ang taong takot gumawa ng
panunumpa. **3** Mayroong masamang kapalaran para sa
lahat ng ginawa sa ilalim ng araw, isang tadhana para sa
lahat ng tao. Ang mga puso ng tao ay puno ng kasamaan,
at kahibangan ay nasa kanilang mga puso habang sila
ay nabubuhay. Kaya pagkatapos noon, pumupunta sila
sa mga patay. **4** Dahil mayroon pang pag-asa para sa
nabubuhay, katulad ng buhay na aso na mas maigi pa kaysa
sa patay na leon. **5** Dahil alam ng mga nabubuhay na tao
na mamamatay sila, ngunit walang alam ang mga patay.
Wala na silang gantimpala dahil ang kanilang alaala ay
nakalimutan na. **6** Ang kanilang pag-ibig, pagkamuhi, at
inggit ay matagal nang naglaho. Hindi na sila magkakaroon
ng lugar sa anumang bagay na ginawa sa ilalim ng araw. **7**
Humayo ka, masaya mong kainin ang tinapay mo, at inumin
ang alak mo nang may masayang puso, dahil pinapayagan
ng Diyos ang pagdiriwang ng mga mabubuting gawa. **8**
Lagi mong panatilihing puti ang iyong mga damit at ang
iyong ulo ay pinahiran ng langis. **9** Masaya kang mamuhay
kasama ang iniibig mong asawa sa lahat ng araw ng buhay
mo nang walang pakinabang, ang mga araw na ibinigay sa
iyo ng Diyos sa ilalim ng araw sa mga araw nang walang
pakinabang. Iyon ang gantimpala ng buhay mo para sa
ginawa mo sa ilalim ng araw. **10** Anuman ang gawin ng
mga kamay mo, gawin mo ito gamit ang iyong lakas, dahil
walang gawain o paliwanag o kaalaman o karunungan
sa libingan, ang lugar kung saan ka pupunta. **(Sheol h7585)**
**11** Nakakita ako ng ilang kawili-wiling bagay sa ilalim ng
araw: Ang takbuhan ay hindi para sa mabibilis na tao. Ang
labanan ay hindi para sa malalakas na tao. Ang tinapay ay
hindi para sa matatalinong tao. Ang kayamanan ay hindi
para sa mga taong may pang-unawa. Ang pabor ay hindi
para sa mga taong may kaalaman. Sa halip, ang oras at
pagkakataon ang nakakaapekto sa kanilang lahat. **12** Dahil
walang nakakaalam ng oras ng kaniyang pagkamatay, tulad
ng isda na nahuli sa lambat ng kamatayan, o katulad ng mga
ibon na nahuli sa patibong. Katulad ng mga hayop, ang mga
tao ay nakakulong sa masasamang panahon na biglang
dumarating sa kanila. **13** Nakita ko rin ang karunungan
sa ilalim ng araw sa paraan na kahanga-hanga para sa
akin. **14** Mayroong isang maliit na lungsod na may kaunting
mamamayan, at may isang malakas na haring dumating
laban dito, sinalakay ito at nagtayo ng mga malalaking
rampang pangsalakay dito. **15** Ngayon sa lungsod na
iyon, mayroong isang mahirap na matalinong lalaki, na sa
pamamagitan ng kaniyang karunungan ay nailigtas niya ang
lungsod. Ngunit kinalaunan, walang nakaalala sa mahirap
na taong iyon. **16** Kaya pinagpalagay ko, “Ang karunungan
ay mas mainam kaysa sa kalakasan, ngunit ang karunungan
ng mahirap na tao ay hinamak at ang kaniyang mga salita
ay hindi pinakinggan.” **17** Ang mga salita ng matatalino
na sinabi nang pabulong ay mas naririnig kaysa sa mga
sigaw ng sinumang pinuno sa mga mangmang. **18** Ang
karunungan ay mas mabuti kaysa sa mga sandata sa
digmaan, ngunit kayang sirain ng isang makasalanan ang
maraming kabutihan.

**10** Katulad ng mga patay na langaw na nagpapabaho ng
pabango, ganoon din ang munting kamangmangan ay
kayang mahigitan ang karunungan at karangalan. **2** Ang puso
ng matalinong tao ay papunta sa kanan, ngunit ang puso
ng mangmang ay papunta sa kaliwa. **3** Kapag naglalakad
ang mangmang sa lansangan, kulang ang kaniyang pag-
iisip, pinatutunayan sa lahat na siya ay mangmang. **4** Kapag
ang mga damdamin ng pinuno ay sumiklab laban sa iyo,
huwag mong iwan ang gawain mo. Kayang patahimikin
ng kahinahunan ang labis na galit. **5** May nakita akong
kasamaan sa ilalim ng araw, isang uri ng pagkakamali na
nanggagaling sa isang pinuno: **6** Ang mga mangmang ay
binibigyan ng posisyon sa pagkapinuno, habang ang mga
taong matagumpay ay binibigyan ng mababang posisyon. **7**
Nakakita ako ng mga alipin na nakasakay sa mga kabayo,
at ang mga taong matagumpay ay naglalakad na parang
mga alipin sa lupa. **8** Sinuman ang nagbubungkal ng hukay
ay maaaring mahulog dito, at kapag mayroong sumisira
sa pader, maaari siyang kagatin ng ahas. **9** Sinuman ang
nagtatapyas ng bato ay masasaktan nito, at ang taong
nagpuputol ng kahoy ay nanganganib dito. **10** Kung ang
talim ng bakal ay mapurol, at hindi ito hinahasa ng isang
tao, kailangan niyang gumamit nang mas maraming lakas,

ngunit nagbibigay ng kalamangan ang karunungan para sa
katagumpayan. 11 Kung ang ahas ay nanuklaw bago pa
ito mapaamo, walang kalamangan para sa nang-aamo. 12
Magiliw ang mga salita ng bibig ng matalinong tao, ngunit
nilululon ang mangmang ng kaniyang sariling mga labi. 13
Sa pag-agos ng mga salita mula sa bibig ng mangmang,
ang kamangmangan ay lumalabas, at sa huli umaagos sa
bibig niya ang masamang kahibangan. 14 Pinaparami ng
mangmang ang mga salita, ngunit walang nakakaalam kung
ano ang paparating. Sino ang nakaaalam kung ano ang
parating pagkatapos niya? 15 Pinapagod ng mga mabibigat
na gawain ang mga mangmang, kaya hindi man lang nila
alam ang daan papuntang bayan. 16 Mayroong gulo sa
inyong lupain kapag bata pa ang inyong hari, at ang mga
pinuno ninyo ay magdiriwang sa umaga! 17 Ngunit masaya
ang lupain kapag ang hari ay anak ng mga maharlika, at
kumakain ang mga pinuno ninyo kapag oras na ng kainan at
ginagawa nila iyon para lumakas, hindi para sa paglalasing!
18 Dahil sa katamaran nalalaglag ang bubong, at dahil sa
mga tamad na kamay may tagas ang bahay. 19 Naghahanda
ang mga tao ng pagkain para sa pagtawa, nagbibigay
ng kasiyahan sa buhay ang alak, at pinupuno ng pera
ang pangangailangan sa lahat ng bagay. 20 Huwag mong
sumpain ang hari, kahit sa iyong isipan, at huwag mong
sumpain ang mayayaman sa iyong silid-tulugan. Sapagkat
maaaring dalhin ng ibon sa himpapawid ang mga salita mo;
maaaring ikalat ng anumang may pakpak ang bagay na
iyon.

**11** Magtapon ka ng tinapay sa katubigan, at makikita
mo ulit ito pagkatapos ng ilang araw. 2 Ibahagi ito
sa pito, maging sa walong tao, dahil hindi mo alam kung
anong mga sakuna ang darating sa mundo. 3 Kung puno
ng ulan ang mga ulap, ipinapatak ito sa lupa, at kung
natumba ang puno sa dakong timog o hilaga, saan man ito
natumba, doon ito mananatili. 4 Sinuman ang pinanonood
ang hangin ay maaaring hindi makapagtanim, at sinuman
ang pinanonood ang ulap ay maaaring hindi makapag-ani.
5 Kung paanong hindi mo alam kung saan manggagaling
ang hangin, maging kung paano lumalaki ang mga buto ng
sanggol sa sinapupunan ng kaniyang ina, gayon din hindi
mo rin mauunawaan ang gawa ng Diyos, na siyang lumikha
ng lahat. 6 Sa umaga, itanim mo ang binhi; hanggang sa
gabi, magtrabaho ka gamit ang iyong mga kamay ayon
sa pangangailangan, dahil hindi mo alam kung alin ang
sasagana, umaga man o gabi, o ito o iyan, o pareho man
silang magiging mabuti. 7 Tunay nga na matamis ang
liwanag, at kaaya-ayang makita ng mga mata ang araw.
8 Kung may taong mabubuhay ng maraming mga taon,
hayaan mo siyang sumaya sa lahat ng iyon, ngunit hayaan
mo siyang isipin ang paparating na mga araw ng kadiliman,
dahil marami sila. Lahat ng darating ay naglalahong usok. 9
Magalak ka, batang lalaki, sa iyong kabataan, at hayaang
magalak ang iyong puso sa mga araw ng iyong kabataan.
Ipagpatuloy ang mga mabubuting hangarin ng iyong puso at
anumang nakikita ng iyong mga mata. Gayunpaman, isipin
mo na hahatulan ka ng Diyos para sa lahat ng mga bagay
na ito. 10 Palayasin mo ang galit mula sa iyong puso, at
huwag mong pansinin ang anumang sakit ng iyong katawan,
dahil ang kabataan at ang lakas nito ay usok.

**12** Alalahanin mo rin ang iyong Manlilikha sa araw ng iyong
kabataan, bago dumating ang araw ng paghihirap, at
bago dumating ang mga taon na sasabihin mong, “Hindi ako
nasisiyahan sa kanila,” 2 bago dumilim ang liwanag ng araw
at buwan at mga bituin, at bumalik ang mga maiitim na ulap
pagkatapos ng ulan. 3 Iyon ang panahon na manginginig
ang mga tagapagbantay ng palasyo, at yuyuko ang mga
malalakas na tao, at ang mga babaeng nagdidikdik ay titigil
dahil kaunti sila, at ang mga tumatanaw sa mga bintana ay
hindi na makakakita nang malinaw. 4 Iyon ang panahon na
isasara ang mga pinto sa lansangan, at titigil ang tunog ng
pagdidikdik, kapag nasisindak ang mga lalaki sa tinig ng
ibon, at kapag lumilipas na ang mga kanta ng mga babae.
5 Iyon ang panahon na matatakot ang mga lalaki sa mga
matataas na lugar at sa mga kapahamakan sa lansangan,
kapag sumagana ang puno ng pili, at kapag hinahatak
ng mga tipaklong ang mga sarili nila, at kapag naglaho
ang mga likas na pagnanasa. Pagkatapos, pupunta ang
tao sa kaniyang walang hanggang tahanan at ang mga
nagdadalamhati ay tutungo sa mga lansangan. 6 Alalahanin
mo ang iyong Manlilikha bago maputol ang pilak na tali, o
madurog ang gintong mangkok, o mabasag sa batis ang
lalagyan ng tubig, o masira ang gulong ng tubig sa balon, 7
bago bumalik ang alabok sa lupa kung saan ito nanggaling,
at bumalik sa Diyos ang espiritu na siyang nagbigay nito. 8
“Usok,” ang sabi ng Mangangaral, “ang lahat ay naglalahong
usok.” 9 Ang Mangangaral ay matalino, at tinuruan niya
ang mga tao nang kaalaman. Inaral, inisip at iniayos niya
ang maraming kawikaan. 10 Hinangad ng Mangangaral
na magsulat ng mga malinaw at tuwid na mga salita nang
katotohanan. 11 Ang mga salita ng mga matatalinong tao ay
parang mga panusok. Gaya ng mga pako na ibinaon nang
malalim ang mga salita ng mga dalubhasa sa maraming
mga kawikaan na itinuro ng isang pastol. 12 Aking anak,
maging maingat ka sa mas higit na mga bagay: ang paggawa
ng maraming libro, na walang katapusan. Ang matinding
pag-aaral ay nagbibigay pagod sa katawan. 13 Sa huli,
pagkatapos marinig ang lahat ng bagay, ay dapat kang
matakot sa Diyos at ingatan ang kaniyang mga utos, dahil ito

ang buong tungkulin ng sangkatauhan. 14 Dahil hahatulan ng Diyos ang bawat gawain, kasama ang bawat nakatagong bagay, mabuti man ito o masama.

# Awit ng mga Awit

1 Ang Awit ng mga Awit ni Solomon. Nagsasalita sa
kaniyang kasintahan ang dalaga 2 O, halikan mo ako ng
mga halik ng iyong bibig, dahil mas mainam kaysa sa alak
ang iyong pag-ibig. 3 May kaaya-ayang halimuyak ang iyong
mga langis na pamahid; parang pabangong dumadaloy ang
iyong pangalan, kaya iniibig ka ng mga dalaga. 4 Isama
mo ako, at tayo ay tatakbo. Nagsasalita sa kaniyang sarili
ang dalaga. Dinala ako ng hari sa kaniyang mga silid.
Nagsasalita sa kaniyang kasintahan ang dalaga Masaya
ako, nagagalak sa iyo; hayaan mong ipagdiwang ko ang
iyong pag-ibig, mas mainam ito kaysa sa alak. Tama lang na
hangaan ka ng ibang mga kababaihan. Nagsasalita ang
babae sa ibang kababaihan. 5 Nagsasalita ang babae sa
ibang mga kababaihan. Ako ay kayumanggi pero maganda,
kayong mga dalaga ng mga kalalakihan ng Jerusalem-
kayumanggi tulad ng mga tolda ng Kedar, maganda tulad ng
mga kurtina ni Solomon. 6 Huwag akong titigan dahil sa
ako ay kayumanggi, dahil ako ay bahagyang sinunog ng
araw. Ang mga lalaking kapatid ko sa ina ay galit sa akin;
ginawa nila akong taga-pangalaga ng ubasan, pero ang sarili
kong ubasan hindi ko napanatili. Nagsasalita sa kaniyang
kasintahan ang babae 7 Sabihin mo sa akin, ikaw na aking
mahal, saan mo pinapakain ang iyong kawan? Saan mo
pinagpapahinga ang iyong kawan sa katanghalian? Bakit
ako dapat maging katulad ng isang tao na nagpapalakad-
lakad sa tabi ng mga kawan ng iyong mga kasamahan?
Sumasagot sa kaniya ang kaniyang mangingibig. 8 Kung
hindi mo alam, pinakamaganda sa mga kababaihan, sundan
mo ang dinaraanan ng aking kawan, at ipastol mo ang
iyong mga batang kambing malapit sa mga tolda ng mga
pastol. 9 Inihahambing kita, aking mahal, sa isang inahing
kabayo na nabibilang sa mga kabayo ng mga karwahe
ni Paraon. 10 Ang iyong mga pisngi ay magandang may
palamuti, ang iyong leeg may kwintas ng mga hiyas. 11
Gagawan kita ng gintong mga palamuti na may mga batik-
batik na pilak. Nagsasalita sa kaniyang sarili ang babae 12
Habang nakahiga ang hari sa kaniyang papag, naglabas ng
halimuyak ang aking nardo. 13 Para sa akin, tulad ng isang
sisidlan ng mira ang aking minamahal na nagpapalipas ng
gabi nakahiga sa pagitan ng aking mga dibdib. 14 Para sa
akin, ang aking minamahal ay tulad ng isang kumpol ng mga
bulaklak ng hena sa ubasan ng En-gedi. Nagsasalita sa
kaniya ang kaniyang kasintahan 15 Tingnan mo, maganda
ka aking mahal, tingnan mo, maganda ka; parang mga
kalapati ang iyong mga mata. Nagsasalita ang babae sa
kaniyang mangingibig. 16 Tingnan mo, makisig ka, aking
minamahal, o anong kisig mo. Ang mga malalagong halaman
ay nagsisilbing ating higaan. 17 Ang mga biga ng ating
bahay ay mga sanga ng puno ng sedar, at ang pamakuan
ng ating bubong ay mga sanga ng pir.

2 Ako ay isa lamang bulaklak na nasa isang kapatagan, isa
lamang liryo na nasa isang lambak. Nagsasalita sa kaniya
ang lalaki. 2 Gaya ng isang liryo sa mga tinik, gayon ka
rin, aking mahal, sa mga dalaga ng aking mga kababayan.
Nagsasalita sa kaniyang sarili ang babae. 3 Gaya ng puno
ng aprikot sa mga puno ng kagubatan, gayon din ang aking
minamahal sa gitna ng mga kabinataan. Umuupo ako sa
ilalim ng kaniyang anino na may labis na kasiyahan, at ang
kaniyang bunga ay matamis sa aking panlasa. 4 Dinala
niya ako sa bulwagan ng salu-salo, ang kaniyang bandila
sa akin ay pag-ibig. Nagsasalita sa kaniyang mangingibig
ang babae. 5 Muli akong palakasin sa pamamagitan ng
keyk na pasas at pasiglahin muli sa pamamagitan ng mga
aprikot, dahil ako ay mahina sa pag-ibig. Nagsasalita sa
kaniyang sarili ang babae. 6 Ang kaniyang kaliwang kamay
ay nasa ilalim ng aking ulo, at ang kaniyang kanang kamay
ay niyayakap ako. Nagsasalita sa ibang mga kababaihan
ang babae. 7 Nais kong ipangako ninyo, mga anak na
dalaga ng Jerusalem, kasama ng mga gasel at ng mga
babaeng usa ng kabukiran, na hindi ninyo gagambalain ang
aming pagtatalik hanggang ito ay matapos. Nagsasalita sa
kaniyang sarili ang babae 8 Nanjan na ang tinig ng aking
minamahal! O, parating na siya rito, lumulukso sa ibabaw ng
mga bundok, tumatalon sa ibabaw ng mga burol. 9 Ang aking
minamahal ay tulad ng isang gasel o isang batang lalaking
usa, masdan mo, siya ay nakatayo sa likod ng aming pader,
sumisilip sa bintana, sumusungaw sa sala-sala. 10 Ang aking
minamahal ay nagsalita sa akin at nagsabi, “Bumangon ka,
aking mahal; aking magandang sinta, sumama ka sa aking
pag-alis. 11 Tingnan mo, lumipas na ang tag-lamig; tapos
na ang tag-ulan at ito ay wala na. 12 Lumitaw na ang mga
bulaklak sa lupain; ang oras ng pagpuputol ng puno at ang
pag-aawitan ng mga ibon ay dumating na, at ang tinig ng
mga kalapati ay naririnig sa ating lupain. 13 Hinihinog ng
puno ng igos ang kaniyang mga berdeng igos, at ang mga
puno ng ubas ay namumulaklak; naglalabas ang mga ito ng
halimuyak. Bumangon ka, aking mahal, aking magandang
sinta, at sumama ka. 14 Aking kalapati, sa mga siwang ng
mga batuhan, sa lihim na siwang ng mga bundok, hayaan
mong makita ko ang iyong mukha. Hayaan mong marinig
ko ang iyong tinig, dahil matamis ang iyong tinig, at ang
iyong mukha ay kaibig-ibig”. Nagsasalita sa kaniyang sarili
ang babae 15 Hulihin ang mga soro para sa atin, ang mga
maliliit na soro na sumisira ng mga ubasan, dahil ang ating
ubasan ay namumulaklak. 16 Ang aking minamahal ay akin,
at ako ay sa kanya; siya ay nanginginain sa mga liryo na

may kasiyahan. Nagsasalita sa kanyang kasintahan ang
babae **17** Lumayo ka, aking minamahal, bago umihip ang
mahinang hangin ng bukang-liwayway at ang mga anino
ay maglaho. Lumayo ka; maging tulad ng isang gasel o ng
isang batang lalaking usa sa baku-bakong bundok.

**3** Sa gabi sa aking higaan ako ay nananabik sa aking
mahal, hinanap ko siya, pero hindi ko siya matagpuan.
**2** Sabi ko sa aking sarili, “Babangon ako at pupunta sa
iba't ibang dako ng lungsod, sa mga lansangan at mga
plasa; hahanapin ko ang aking minamahal”. Hinanap ko siya
pero, hindi ko siya matagpuan. **3** Natagpuan ako ng mga
bantay habang sila ay nag-iikot sa lungsod. Tinanong ko
sila, “Nakita ba ninyo ang aking minamahal?” **4** Ilang sandali
palang ang nakalipas pagkatapos ko silang malampasan
nang natagpuan ko siya na minamahal ng aking kaluluwa.
Hinawakan ko siya at hindi siya binitiwan hanggang nadala
ko siya sa bahay ng aking ina, sa silid ng nagbuntis sa akin.
Nagsasalita sa ibang kababaihan ang babae **5** Nais kong
mangako kayo, mga anak na dalaga ng bayang Jerusalem,
kasama ng mga gasel at mga babaing usa sa parang, na
hindi ninyo gagambalain ang aming pagtatalik hanggang
ito ay matapos. Nagsasalita sa kaniyang sarili ang babae
**6** Ano iyon na dumarating mula sa ilang tulad ng isang
hanay ng usok, pinabanguhan ng mira at kamanyang,
kasama ng lahat ng mga pulbos na ipinagbili ng mga
mangangalakal? **7** Tingnan mo, ang arag-arag ni Solomon
na binubuhat; animnapung mga mandirigma ang nakapaligid
dito, animnapung mga sundalo ng Israel. **8** Sila ay mga
dalubhasa sa espada at bihasa sa digmaan. Bawa't lalaki
ay may espada sa kaniyang tagiliran, armado laban sa
mga kilabot ng gabi. **9** Ginawan ni Haring Solomon ang
kaniyang sarili ng isang upuan na yari sa kahoy na Sedan
na mula sa Lebanon. **10** Ang mga poste nito ay gawa sa
pilak, ang likuran ay gawa sa ginto, at ang upuan sa lilang
tela. Ang panloob nito ay pinalamutian ng may pag-ibig ng
mga anak na dalaga ng bayang Jerusalem. Nagsasalita sa
ibang kababaihan ng Jerusalem ang dalaga. **11** Lumabas
kayo, mga dalaga ng bayang Sion, at masdang mabuti si
Haring Solomon, suot-suot ang korona na siyang ikinorona
sa kaniya ng kaniyang ina sa araw ng kaniyang kasal, doon
sa masayang araw ng kaniyang buhay.

**4** O, kay ganda mo, aking mahal; kay ganda mo. Ang
iyong mga mata ay katulad ng mga kalapati sa likuran ng
iyong belo. Ang iyong buhok ay tulad ng isang kawan ng
mga kambing na bumababa mula sa Bundok ng Gilead.
**2** Ang iyong mga ngipin ay katulad ng isang kawan ng
mga tupang babae na bagong gupit, na umaahon mula sa
lugar ng pinagpaliguan. Bawa't isa ay may isang kakambal
at walang isa sa kanila ang namatayan. **3** Ang labi mo
ay katulad ng isang hibla ng eskarlata; ang bibig mo ay
kaibig-ibig. Ang mga pisngi mo ay katulad ng kabiyak na
granada sa likuran ng iyong belo. **4** Ang leeg mo ay katulad
ng tore ni David na itinayo sa mga hanay ng bato, na
may isang libong mga kalasag na nakasabit dito, lahat
ng mga kalasag ng mga sundalo. **5** Ang dalawang dibdib
mo ay katulad ng dalawang munting usa, magkakambal
na gasel, na nanginginain sa kalagitnaan ng mga liryo. **6**
Hanggang dumating ang bukang-liwayway at ang mga anino
ay naglaho, ako ay magpupunta sa bundok ng mira at sa
burol ng kamanyang. **7** Kay ganda mo sa lahat ng paraan,
aking mahal at walang kapintasan sa iyo. **8** Sumama ka
sa akin mula sa Lebanon, babaeng aking pakakasalan.
Sumama ka sa akin mula sa Lebanon; sumama ka mula sa
tuktok ng Bundok ng Amana, mula sa tuktok ng Bundok ng
Senir at Hermon, mula sa mga lungga ng leon, mula sa
lunggang bundok ng mga leopardo. **9** Ninakaw mo ang puso
ko, aking kapatid, babaeng aking pakakasalan; nabihag mo
ang puso ko, sa isang sulyap lamang sa akin, sa isang hiyas
lamang ng iyong kuwintas. **10** Kay ganda ng iyong pag-ibig,
aking kapatid, babaeng aking pakakasalan! Mas mainam ang
pag-ibig mo kaysa sa alak, at ang halimuyak ng pabango mo
kaysa sa anumang sangkap ng pabango. **11** Ang iyong labi,
babaeng aking pakakasalan, tumutulong pulot; ang pulot at
gatas ay nasa ilalim ng iyong dila; ang halimuyak ng iyong
mga kasuotan ay katulad ng halimuyak ng Lebanon. **12**
Aking kapatid, babaeng aking pakakasalan ay isang harding
nakakandado, isang harding nakakandado, isang bukal na
nakasarado. **13** Ang mga sanga mo ay isang kahuyan ng
mga puno ng granada na may piling bunga, at ng hena at
mga halamang nardo, **14** Pakong nardo at safron, kalamo
at kanela kasama ang lahat ng mga uri ng sangkap ng
pabango, mira at mga aloe kasama lahat ng pinakamainam
na mga sangkap ng pabango. **15** Ikaw ay bukal sa hardin,
isang balon na may sariwang tubig, mga batis na umaagos
pababa mula sa Lebanon. Ang dalaga ay nagsasalita sa
kaniyang mangingibig. **16** Gumising ka, hanging hilaga;
lumapit ka hanging timog; umihip ka sa aking hardin para
itong mga sangkap ng pabango ay maaaring maglabas ng
kanilang halimuyak. Nawa ang aking minamahal ay pumarito
sa kaniyang hardin at kumain ng ilang piling bunga nito.

**5** Dumating ako sa aking hardin, aking kapatid na babae,
babaeng aking pakakasalan; Tinipon ko ang aking mira
na may sangkap ng aking pabango. kinain ko ang aking
pulot-pukyutan kasama ng aking pulot; Ininom ko ang aking
alak kasama ang aking gatas. Kumain, ka kaibigan. kumain,
kaibigan; uminom ka nang malaya, aking mahal. Kinakausap
ng dalaga ang kaniyang sarili **2** Ako ay natutulog, pero ang

puso ko ay gising sa isang panaginip. Naroroon ang tunog
ng aking minamahal na kumakatok at sinasabi, “Pagbuksan
mo ako, aking kapatid na babae, aking mahal, aking kalapati,
aking dalisay, dahil ang ulo ko ay basa sa hamog, ang
buhok ko sa gabing mamasa-masa.” 3 Hinubad ko ang aking
balabal; dapat ko ba itong isuot muli? Hinugasan ko ang
aking mga paa; dapat ko ba silang dumihan muli? 4 Inilagay
ng aking minamahal ang kaniyang kamay sa bungad ng
trangkahan ng pintuan, at sumigla ang puso ko para sa
kaniya. 5 Bumangon ako para pagbuksan ng pintuan ang
aking minamahal; ang aking mga kamay ay may tumutulong
mira, ang aking mga daliri ay mamasa-masang may mira,
sa hawakan ng pintuan. 6 Pinagbuksan ko ng pintuan ang
aking minamahal, pero ang aking minamahal ay umalis at
wala na. Ang puso ko ay nalugmok; Nawalan ako ng pag-
asa. Hinanap ko siya, pero hindi ko siya natagpuan; Tinawag
ko siya, pero hindi niya ako sinagot. 7 Natagpuan ako ng
mga bantay na nagpunta malapit sa lungsod; hinagupit at
sinugatan nila ako; kinuha mula sa akin ng mga nagbabatay
ng pader ang aking balabal. Ang dalaga ay nakikipag-usap
sa mga kababaihan ng lungsod 8 Nais ko kayong mangako,
mga anak na babae ng Jerusalem, na kung makikita ninyo
ang aking minamahal, sabihin ninyo sa kaniya ako ay may
sakit dahil sa aking pag-ibig sa kaniya. Ang mga kababaihan
ng lungsod ay nagsasalita sa dalaga. 9 Paanong mas mabuti
ang iyong minamahal kaysa sa ibang lalaking minamahal,
ikaw na maganda sa lahat ng mga babae? Bakit mas higit
ang iyong minamahal kaysa sa ibang minamahal, na hiniling
mo sa amin para manumpa tulad nito? Ang dalaga ay
nagsasalita sa mga kababaihan ng lungsod 10 Ang aking
minamahal ay nagniningning at mamula-mula, namumukod
tangi sa kalagitnaan ng sampung libo. 11 Ang kaniyang ulo
ay ang pinakadalisay na ginto; kulot ang kaniyang buhok at
kasing itim ng isang uwak. 12 Ang kaniyang mga mata ay
katulad ng mga kalapati sa tabi ng mga dumadaloy na tubig,
hinugasan sa gatas, ikinabit katulad ng mga hiyas. 13 Ang
kaniyang mga pisngi ay katulad ng mga nakatainim na mga
sangkap ng pabango, nagbibigay ng mabangong mga amoy.
Ang kaniyang labi ay mga liryo, tumutulong mira. 14 Ang
kaniyang mga bisig ay mabilog na ginto na may nakalagay
na mga hiyas; ang kaniyang tiyan ay nabalutan ng garing na
may mga sapiro. 15 Ang kaniyang mga binti ay mga poste
na marmol, nakalagay sa mga patungan ng dalisay na ginto;
ang kaniyang mukha ay katulad ng Lebanon, pinili gaya
ng mga cedar 16 Ang kaniyang bibig ay napakatamis; siya
ay ganap na kaibig-ibig. Ito ang aking minamahal, at ito
ang aking kaibigan, mga anak na babae ng mga lalaki sa
Jerusalem.

**6** Saang direksyon nagpunta ang iyong minamahal,
pinakamaganda sa lahat ng babae? Sa anong direksiyon
nagpunta ang iyong minamahal, sa gayon hahanapin namin
siya para sa iyo? Nagsasalita ang dalaga sa kaniyang sarili.
2 Ang aking minamahal ay bumaba sa kaniyang hardin,
sa mga nakatanim na mga sangkap ng pabango, para
manginain sa hardin at magtipon ng mga liryo. 3 Pag-aari ako
ng aking mangingibig, at pag-aari ko ang aking mangingibig;
nanginginain siya sa mga liryo na may kasiyahan. Ang
mangingibig ng babae ay nagsasalita sa kaniya sarili. 4
Kasing ganda mo ang Tirsa, aking mahal, kasing kaibig-ibig
tulad ng Jerusalem, kahanga-hanga katulad ng isang hukbo
na may mga bandera. 5 Ilayo mo ang iyong paningin mula
sa akin, dahil ako ay nadadaig ng mga ito. Ang iyong buhok
ay tulad ng isang kawan ng mga kambing na bumababa
mula sa mga libis ng Bundok ng Galaad. 6 Ang mga ngipin
mo ay katulad ng kawan ng mga babaeng tupa na umaahon
mula sa lugar na pinagliguan ng mga ito. Bawa't isa ay may
kakambal, at wala isa man sa kanila ang namatayan. 7 Ang
mga pisngi mo ay tulad ng kabiyak na granada sa likuran ng
iyong belo. Ang mangingibig ng babae ay nagsasalita sa
kaniyang sarili. 8 Mayroong animnapung reyna, walumpung
babaeng kinakasama ng hari, at mga dalaga na hindi
mabilang. 9 Ang aking kalapati, aking dalisay, ay nag-iisa
lamang; siya ang natatanging anak na babae ng kaniyang
ina; siya ang nag-iisang paborito ng babae na nag-silang
sa kaniya. Ang mga anak na babae ng mga kababayan
ko ay nakita siya at tinawag siyang pinagpala; nakita rin
siya ng mga reyna at ng mga babaeng kinakasama ng hari,
at siya ay pinuri nila: Ano ang sinabi ng mga reyna at ng
mga babaeng kinakasama ng hari 10 “Sino ito na lumilitaw
katulad ng bukang-liwayway, kasing ganda ng buwan, kasing
liwanag ng araw, na kahanga-hanga tulad ng isang hukbo
na may mga bandera nito?” Ang mangingibig ng babae
ay nagsasalita sa kaniyang sarili. 11 Bumaba ako sa mga
kahuyan ng mga puno ng pili para tingnan ang murang
usbong sa lambak, para tingnan kung sumibol ang mga puno
ng ubas, at kung namulaklak ang mga bunga ng granada.
12 Napakasaya ko na maramdamang nakasakay ako sa
karwahe ng isang prinsipe. Ang mangingibig ng babae ay
nagsasalita sa kaniyang sarili. 13 Magbalik ka, bumalik ka,
ikaw na babaeng walang kapintasan; magbalik ka, magbalik
para ikaw ay aking mapagmasdan. Nagsasalita ang dalaga
sa kaniyang mangingibig. Bakit ka nakatitig sa akin, babaeng
walang kapintasan, na parang sumasayaw ako sa pagitan
ng dalawang hanay ng mga mananayaw?

**7** Kay ganda ng iyong mga paa sa iyong sandalyas, anak
na babae ng prinsipe! Ang hugis ng iyong mga hita ay
katulad ng hiyas, gawa ng mga kamay ng isang dalubhasa.

2 Ang pusod mo ay katulad ng isang bilugang mangkok;
nawa ito ay hindi kailanman magkukulang ng pinaghalong
alak. Ang puson mo ay tulad ng isang tambak ng trigo na
napaligiran ng mga liryo. 3 Ang dalawang dibdib mo ay tulad
ng dalawang munting mga usa, magkakambal na gasel. 4
Ang iyong leeg ay tulad ng isang tore ng garing; ang iyong
mga mata ay tulad ng mga lawa sa Hesbon sa tarangkahan
ng Bat Rabim. Ang iyong ilong ay tulad ng tore sa Lebanon
na nakamasid patungo sa Damasco. 5 Parang bundok ng
Carmelo ang iyong ulo; ang buhok sa iyong ulo ay itim na
lila. Ang hari ay nabihag sa pamamagitan ng mga tirintas
nito. 6 Kay ganda at kaibig-ibig mo, nag-iisang minamahal,
kasama ang iyong kagalakan! 7 Ang iyong taas ay katulad
ng isang puno ng palmang datiles, at ang mga dibdib mo
ay tulad ng mga kumpol na bunga. 8 Iniisip ko, “Nais kong
akyatin ang punong palmang iyon; Ako ay hahawak sa mga
sanga nito.” Nawa maging katulad ng kumpol na mga ubas
ang iyong mga dibdib, at nawa ang halimuyak ng iyong ilong
ay maging katulad ng mga aprikot. 9 Nawa ang iyong bibig
ay maging katulad ng pinakamasarap na alak, banayad na
dumadaloy sa aking minamahal, dumudulas sa ating mga
labi at mga ngipin. Ang dalaga ay nagsasalita sa kaniyang
mangingibig. 10 Ako ay sa aking minamahal, at ninanais
niya ako. 11 Lumapit ka, aking minamahal, lumabas tayo sa
kabukiran; hayaan nating magpalipas ng gabi sa mga nayon.
12 Halina tayo ay bumangon ng maaga para magtungo sa
mga ubasan; tingnan natin kung umusbong ang mga puno
ng ubas, kung ang kanilang mga bulaklak ay namukadkad,
at kung ang bunga ng granada ay namulaklak. Doon ibibigay
ko sa iyo ang aking pag-ibig. 13 Nagbibigay ng kanilang
halimuyak ang mga mandragora; sa pintuan kung saan tayo
nananatili ay may mga uri lahat ng piling mga bunga, bago
at luma, na aking inimbak para sa iyo, aking minamahal.

**8** Hinahangad kong maging tulad ka ng aking kapatid na
lalaki, na sumuso sa dibdib ng aking ina. At, sa tuwing
nakikita kita sa labas, mahahalikan kita, at walang maaaring
humamak sa akin. 2 Pangungunahan kita at dadalhin kita sa
bahay ng aking ina, at ako ay tuturuan mo. Bibigyan kita
ng alak na hinaluan ng pampalasa para inumin at kaunting
katas ng aking mga bunga na granada. Ang dalagang
babae ay nagsasalita sa kaniyang sarili. 3 Hinahawakan ng
kaniyang kaliwang kamay ang aking ulo; niyayapos niya
ako ng kaniyang kanang kamay. Ang babae ay nagsasalita
sa ibang kababaihan. 4 Nais kong manumpa kayo, mga
anak na babae ng kalalakihan ng Jerusalem, na hindi
ninyo gagambalain ang aming pagtatalik hanggang ito ay
matapos. Ang mga kababaihan ng Jerusalem ay nagsasalita
5 Sino ito na dumarating mula sa ilang, na sumasandal
sa kaniyang minamahal? Ang dalaga ay nagsasalita sa
kaniyang mangingibig ginising kita sa ilalim ng puno ng
aprikot kung saan ipinagbuntis ka ng iyong ina, kung saan
ka niya isinilang. 6 Ilagay mo ako bilang isang tatak sa iyong
puso, katulad ng isang selyo sa iyong bisig, dahil ang pag-
ibig ay kasing lakas tulad ng kamatayan. Ang madamdaming
debosyon ay tulad ng pagpupumilit ng sheol; ang mga apoy
nito ay lumalagablab; ito ay isang nagliliyab na apoy, isang
apoy na mas mainit kaysa sa anumang apoy. **(Sheol h7585)** 7
Hindi kayang pawiin ng mga tubig na dumadaluyong ang
pag-ibig, kahit mga baha ay hindi kayang tangayin nito.
Kung ibinigay ng isang lalaki ang lahat ng mga pag-aari
sa kaniyang tahanan para sa pag-ibig, ang inaalok niya ay
maaaring lubos na hamakin. Ang mga kapatid na lalaki ng
dalagang babae ay nagsasalita sa kanilang mga sarili. 8
Kami ay mayroong isang batang kapatid na babae, at hindi
pa lumalaki ang kaniyang mga dibdib. Ano ang magagawa
namin para sa aming kapatid na babae sa araw na siya
ay ipapangakong ikakasal? 9 Kung siya ay isang pader,
magtatayo kami sa kaniya ng isang tore na pilak. Kung siya
ay isang pintuan, siya ay aming pagagandahin na may mga
tabla ng cedar. Ang dalaga ay nagsasalita sa kaniyang sarili.
10 Ako ay isang pader, pero ang dibdib ko ay katulad ng
kuta ng mga tore; kaya ako ay ganap ng hinog sa kaniyang
paningin. Ang dalaga ay nagsasalita sa kaniyang sarili. 11
May isang ubasan si Solomon sa Baal Hamon; pinaupahan
niya ang ubasan sa mga nais mag-alaga nito. Bawa't isa ay
magdadala ng isang libong halaga ng pilak para sa bunga
nito. 12 Ang aking ubasan ay talagang akin; ang libong
pera ay iyong pag-aari, minamahal kong Solomon, at ang
dalawang daang pera ay para sa mga nag-aalaga para sa
bunga nito. Ang kasintahan ng babae ay nagsasalita sa
kaniya 13 Ikaw na naninirahan sa mga hardin, ang aking
mga kasama ay nakikinig sa iyong tinig; hayaan mong ako
ay makarinig din nito. Ang dalaga ay nagsasalita sa kaniyang
kasintahan 14 Magmadali ka, aking minamahal, at maging
katulad ng isang gasel o isang batang usang barako sa mga
bundok ng mga sangkap ng pabango.

# Isaias

1 Ang pangitain ni Isaias, anak ni Amos, na kaniyang nakita
patungkol sa Judah at Jerusalem, sa mga araw ni Uzias,
Jotam, Ahaz at Hezekias, ang mga hari ng Juda. 2 Makinig
kayong mga langit, at pakinggan mo ako lupa; dahil nagsalita
si Yahweh: “Nag-alaga at nag-aruga ako ng mga bata pero
nagrebelde sila sa akin. 3 Kilala ng baka ang nagmamay-ari
sa kaniya, at alam din ng asno ang pakainan ng kaniyang
amo, pero ang Israel hindi, hindi nakauunawa ang Israel. 4
Nakalulungkot —ang mga bansa, mga makasalanan, mga
taong lubog sa kasalanan, mga anak ng mga mapaggawa
ng masama, mga anak ng tiwali! Iniwan nila si Yahweh,
kinasuklaman nila ang Banal ng Israel, lumayo sila mula
sa kaniya. 5 Bakit pa kayo nasasaktan? Bakit pa kayo
nagrerebelde nang paulit-ulit? May sakit ang inyong buong
ulo, nanghihina ang buong puso niyo. 6 Mula talampakan
hanggang sa ulo, walang bahagi na katawan niyo ang
walang pinsala; mga gasgas, at pasa at mga sariwang sugat;
hindi sila nagsara, ni nilinisan, ni ginamot o nilagyan ng
langis. 7 Wasak ang bansa niyo; sinunog ang mga lungsod
niyo; sa harapan niyo, sinisira ng mga dayuhan ang lupain
niyo; iniwan nila itong wasak at sira-sira, pinabagsak ng mga
dayuhan. 8 Ang anak na babae ng Sion, iniwan na parang
kubo sa ubasan, gaya ng isang silong sa hardin ng pipino,
gaya ng isang lungsod na sinakop. 9 Kung hindi nag-iwan si
Yahweh ng mga hukbo ng ilan sa ating mga kababayan,
naging tulad na sana tayo ng Sodoma, naging gaya tayo
ng Gomorra. 10 Dinggin niyo ang salita ni Yahweh, kayong
mga tagapamahala ng Sodoma; makinig kayo sa batas ng
ating Diyos, kayong bayan ng Gomorra: 11 “Ano ang silbi ng
marami ninyong mga alay sa akin?” sabi ni Yahweh. “Sawa
na ako sa mga tupa, at taba ng mga hayop na sinunog
niyo para ihandog; at sa dugo ng toro, tupa at kambing,
hindi ako nalulugod. 12 Sa tuwing lalapit kayo sa harapan
ko, sinong nagsabi sa inyo na maaari niyong yurakan ang
aking mga patyo? 13 Huwag na kayong magdala ng mga
handog na walang halaga; kasuklam-suklam sa akin ang
insenso; ang mga pagtitipon niyo tuwing bagong buwan at
araw ng pamamahinga —hindi ko na matiis ang lahat ng
makasalanan niyong mga pagtitipon. 14 Namumuhi ako sa
mga bagong buwan at mga pista ninyo; pabigat sila sa akin;
pagod na akong tiisin sila. 15 Kaya sa tuwing itinataas ninyo
ang mga kamay ninyo, tinatago ko ang mga mata ko sa
inyo; kahit na nag-alay kayo ng maraming panalangin, hindi
ako makikinig; puno ng dugo ang mga kamay ninyo. 16
Maghugas kayo, linisin ninyo ang mga sarili niyo; alisin ninyo
ang kasamaan sa mga gawain ninyo sa paningin ko; tigilan
ninyo na ang pagiging masama; 17 alamin ninyo paano
maging mabuti; isulong ninyo ang katarungan, tulungan
niyo ang mga inaapi, bigyan ninyo ng katarungan ang mga
walang ama, protektahan ninyo ang mga balo.” 18 “Halika at
pag-usapan natin ito,” sabi ni Yahweh; “bagaman ang mga
kasalanan ninyo ay tulad ng iskarlata, magiging kasing-puti
ng bulak ang mga ito; bagaman pula sila tulad ng krimson,
magiging tulad sila ng lana. 19 Kung handa kayo at susunod,
kakainin ninyo ang maiinam na bunga ng lupain. 20 Pero
kung magmamatigas kayo at magrerebelde, lalamunin kayo
ng espada dahil ang bibig ni Yahweh ay nagsalita.” 21 Naging
babaeng bayaran ang tapat na lungsod! Siya na dating puno
ng katarungan ay puno ng katuwiran, pero ngayon puno
siya ng mamamatay-tao. 22 Naging marumi ang mga pilak
ninyo, at ang alak ninyo hinaluan ng tubig. 23 Mga rebelde
at kasama ng mga magnanakaw ang mga prinsipe niyo; ang
bawat isa, nagnanais ng suhol at naghahabol ng bayad.
Hindi nila pinoprotektahan ang mga ulila, maging ang mga
hinaing pang-legal ng mga balo sa kanilang harapan. 24
Kaya, ito ang pahayag ng Diyos, si Yahweh ng mga hukbo,
ang Magiting ng Israel: “Kaawa-awa sila! Maghihiganti ako
laban sa mga kaaway ko, at ipaghihiganti ko ang aking
sarili laban sa mga kalaban ko; 25 itutuon ko sa inyo ang
kamay ko para alisin ang kalawang sa inyo at para tanggalin
ang lahat ng karumihan ninyo. 26 Ibabalik ko ang mga
hukom ninyo gaya noon, at ang mga taga-payo ninyo gaya
noong simula; matapos nito, tatawagin kayong lungsod ng
katuwiran, isang tapat na bayan. 27 Mababawi ang Sion sa
pamamagitan ng katarungan, maging ang mga nagsisisi sa
pamamagitan ng katuwiran. 28 Parehong madudurog ang
mga rebelde at mga makasalanan, at ang mga tumalikod kay
Yahweh ay maglalaho. 29 Dahil ikahihiya ninyo ang banal
na mga punong owk na ninais ninyo, at ipapahiya kayo ng
mga hardin na pinili ninyo. 30 Dahil magiging tulad kayo ng
mga owk, na ang mga dahon ay nalalanta, at tulad ng isang
hardin na walang tubig. 31 Ang malakas ay magiging tulad
kusot, at ang ginagawa nila ay magiging tulad ng kislap;
magkasama silang masusunog at walang aapula sa mga
ito.”

2 Ang mga nakita ni Isaias, anak ni Amos, sa isang
pangitain patungkol sa Juda at Jerusalem. 2 Sa mga
huling araw, ang bundok ng tahanan ni Yahweh ay itataguyod
bilang pinakamataas sa mga bundok, at itataas sa tuktok
ng mga burol; at dadaloy ang lahat ng bansa mula dito.
3 Maraming tao ang pupunta at magsasabing, “Halika,
umakyat tayo sa bundok ni Yahweh, sa tahanan ng Diyos ni
Jacob para turuan niya tayo ng kaniyang mga pamamaraan
at sa gayon lumakad tayo sa kaniyang landas.” Dahil sa Sion
magmumula ang batas, at ang salita ni Yahweh mula sa
Jerusalem. 4 Hahatulan niya ang mga bansa at magbababa

siya ng mga desisyon para sa mga tao; papandayin nila ang
mga espada nila para gawing pang-araro at ang mga sibat
nila para gawing tabak; hindi na huhugot ng espada ang
isang bansa laban sa isang bansa o magsasanay pa para sa
digmaan. 5 Lumapit ka, angkan ni Jacob, at lumakad tayo sa
liwanag ni Yahweh. 6 Dahil iniwan mo ang iyong bayan, ang
angkan ni Jacob, dahil puno sila ng kaugaliang galing sa
silangan at sila ay mga manghuhula gaya ng mga Filisteo, at
nakikipagkamay sila sa mga anak ng mga dayuhan. 7 Puno
ng pilak at ginto ang lupain nila, at walang hanggan ang
yaman nila; puno ng mga kabayo ang lupain nila, maging
ang mga karwahe nila, hindi rin mabilang. 8 Puno rin ng
diyus-diyosan ang lupain nila; sinasamba nila ang mga inukit
ng sarili nilang mga kamay, mga bagay na hinulma ng mga
daliri nila. 9 Yuyuko ang mga tao at magpapatirapa ang
bawat isa; huwag mo silang tanggapin. 10 Pumunta kayo
sa mababatong lugar at magtago kayo sa ilalim ng lupa
dahil sa pagkatakot kay Yahweh at dahil sa kaluwalhatian
at karangyaan niya. 11 Ibababa ang mapagmataas na titig
ng mga tao, ibabagsak ang kahambugan ng mga tao at si
Yawheh lang ang itataas sa araw na iyon. 12 Dahil darating
ang araw ni Yahweh ng mga hukbo laban sa bawat hambog
at matatayog, at laban sa mapagmataas, at siya ay babagsak
— 13 at laban sa lahat ng sedar ng Lebanon na mataas at
inangat, at laban sa mga owk ng Bashan, 14 at laban sa
lahat ng matataas na bundok, at laban sa lahat ng itinaas
na burol, 15 at laban sa bawat mataas na tore, at laban sa
bawat matitibay na pader, at laban sa mga barko ng Tarsis,
16 at laban sa lahat ng magagandang barkong panglayag.
17 Ang yabang ng tao ay ibababa at ang kapalaluan ng
mga tao ay babagsak; tanging si Yahweh lang ang itataas
sa araw na iyon. 18 Ganap na maglalaho ang mga diyus-
diyosan. 19 Pupunta ang mga tao sa mga kweba ng mga
bato at mga butas ng lupa mula sa pagkatakot kay Yahweh,
at mula sa kaluwalhatian ng kaniyang karangyaan kapag
tumayo siya para sindakin ang mundo. 20 Sa araw na iyon,
itatapon ng mga tao ang mga diyus-diyosan nila na yari sa
pilak at ginto na ginawa nila para sambahin nila —itatapon
nila ito sa mga mowl at paniki. 21 Pupunta ang mga tao sa
mga kweba ng mga bato tungo sa siwang ng mga sira-sirang
bato, mula sa pagkatakot kay Yahweh at sa kaluwalhatian
ng karangyaan niya, kapag tumayo siya para sindakin ang
mundo. 22 Huwag na kayong magtiwala sa tao, na ang
hininga ng buhay ay nasa mga ilong niya, sapagkat ano ang
halaga niya?

**3** Masdan ninyo, aalisin ng Panginoon, si Yahweh ng
mga hukbo, ang mga tauhan at kawani ng Juda at
Jerusalem; ang lahat ng pinagkukunan ng tinapay, at ang
lahat ng pinagkukunan ng tubig; 2 ang magiting, ang
mandirigma, ang hukom, ang propeta, ang manghuhula, ang
nakatatanda, 3 ang kapitan ng limampu, ang tinitingalang
mamamayan, ang tagapayo, ang dalubhasang mang-uukit,
ang mahusay na mambabarang. 4 "Magtatalaga ako ng mga
kabataan bilang pinuno nila, at ang mga nakababata ang
mamamahala sa kanila. 5 Aapihin ang mga tao, bawat isa
ng isa pa, at bawat isa ng kapwa nila; buong pagmamataas
na tutuligsain ng bata ang nakatatanda, at hahamunin
ng mga minamaliit ang mga kagalang-galang. 6 Kukunin
maging ng isang lalaki ang kapatid niya mula sa bahay ng
kaniyang ama at sasabihing, 'May balabal ka; pamunuan mo
kami, at pangasiwaan mo ang kaguluhang ito.' 7 Sa araw
na iyon, sisigaw siya at sasabihing, 'Hindi ako magiging
manggagamot; wala akong tinapay ni damit. Hindi mo ako
maaaring gawing tagapamahala ng mga tao." 8 Sapagkat
wasak na ang Jerusalem, at bumagsak ang Juda, dahil ang
mga sinasabi nila at ang mga ginagawa nila ay laban kay
Yahweh, pagsuway sa marangal niyang kapangyarihan.
9 Ang mga mukha nila ay tumetestigo laban sa kanila; at
pinagsasasabi nila ang mga kasalanan nila gaya ng Sodom;
hindi nila itinatago ito. Kaaawa-awa sila! Dahil nagdulot sila
ng sakuna sa mga sarili nila. 10 Sabihin mo sa matuwid
na magiging maayos ang lahat sa kaniya; dahil kakainin
niya ang bunga ng mga gawain niya. 11 Kaawa-awa ang
masasama! Mamalasin siya, dahil aanihin niya ang ginawa
ng mga kamay niya. 12 Bayan ko —mga bata ang nag-uusig,
at ang mga babae ang namamahala sa kanila. Bayan ko,
nililinlang kayo ng mga pinuno niyo at nililito ang direksyon
ng inyong landas. 13 Tumatayo si Yahweh para humatol sa
hukuman; tumatayo siya para hatulan ang kaniyang bayan.
14 Ibababa ni Yahweh ang hatol sa mga nakatatanda at sa
mga opisyales ng kaniyang bayan: "Kinain niyo ang ubasan;
ang mga nakaw sa mahihirap ay nasa inyong mga bahay. 15
Bakit niyo dinudurog ang mga tao at inginungudngod ang
mukha ng mahihirap?" Ito ang pahayag ng Panginoon, si
Yahweh ng mga hukbo. 16 Sinasabi ni Yahweh na hambog
ang mga anak ng babae ni Sion at lumalakad sila nang
nakatingala, nang-aakit gamit ang mga mata nila, kunwari'y
mahinhing naglalakad, at pinatutunog ang mga palawit sa
mga paa nila. 17 Kaya bibigyan ng Diyos ng galis ang mga
anak na babae ni Sion, at kakalbuhin sila ni Yahweh. 18 Sa
araw na iyon, aalisin ng Panginoon ang magaganda nilang
mga alahas sa paa, mga panali nila ng buhok, mga agimat,
19 mga hikaw, mga pulseras at mga belo, 20 mga panakip ng
ulo, mga kadena sa paa, ang mga laso, at kahong-kahong
pabango at mga pampaswerteng palamuti. 21 Aalisin niya
ang mga singsing nila at mga alahas sa ilong; 22 ang mga
pangpistang balabal, ang mantel, ang belo, at ang mga
sisidlan, 23 ang salamin, ang magandang lino, ang mga

palamuti sa ulo at mga pambalot. **24** Sa halip na matamis na
pabango, magkakaroon ng masangsang na amoy, at sa halip
na laso ay lubid, sa halip na buhok na maganda ang gupit
ay pagkakalbo, at sa halip na balabal ay panakip sa sako,
at kahihiyan sa halip na kagandahan. **25** Mamamatay ang
inyong mga kalalakihan sa espada, at ang malalakas niyong
kalalakihan ay babagsak sa digmaan. **26** Ang tarangkahan
ng Jerusalem ay magluluksa at maghihinagpis, at mag-isa
siyang uupo sa lupa.

**4** Sa araw na iyon, pitong babae ang kukuha ng isang
lalaki para maging asawa at magsasabing, “Kami na ang
bahala sa sarili naming pagkain, kami na rin ang bahala sa
aming isusuot pero hayaan mong dalhin namin ang iyong
pangalan para maalis ang aming kahihiyan.” **2** Sa araw na
iyon, ang sanga ni Yahweh ay gaganda at maluluwalhati, at
ang bunga ng lupain ay magiging masarap at kasiya-siya
para sa mga nakaligtas sa Israel. **3** Pagkatapos, siya na
naiwan sa Sion, at siya na nanatili sa Jerusalem, ang bawat
isa na nakatala na naninirahan sa Jerusalem, ay tatawaging
banal, **4** kapag nahugasan na ng Panginoon ang karumihan
ng mga anak na babae ng Sion, at nalinis na ang mga bakas
ng dugo sa kalagitnaan ng Jerusalem, sa pamamagitan
ng espiritu ng katarungan at espiritu ng naglalagablab na
apoy. **5** Pagkatapos, lilikha si Yahweh ng ulap at usok sa
umaga at ningning ng nag-aalab na apoy sa gabi para sa
buong kampo sa Bundok ng Sion at sa kaniyang lugar
kung saan sila nagtitipon-tipon; isang silungan ng lahat ng
kaluwahatian. **6** Magsisilbi itong lilim para sa init sa araw at
kublihan at silungan sa bagyo at ulan.

**5** Hayaan mong umawit ako para sa aking pinakamamahal,
isang awit ng aking pinakamamahal tungkol sa kaniyang
ubasan. Ang aking pinakamamahal ay nagkaroon ng ubasan
sa isang napakatabang lupain sa burol. **2** Hinukay niya ito at
inalis ang mga bato, at tinaniman ito ng pinakamasasarap
na ubas. Nagtayo siya ng isang tore sa gitna nito, at
nagtayo rin siya ng isang pigaan ng ubas. Umasa siyang
mamumunga ito ng matatamis na ubas, pero namunga ito
ng maaasim. **3** Kaya ngayon, mga naninirahan sa Jerusalem
at mga mamamayan sa Juda, kayo ang humatol sa akin
at sa aking ubasan. **4** Ano pa ang maaari kong gawin na
hindi ko nagawa para sa aking ubasan? Nang inasahan
kong mamunga ito ng matatamis na ubas, bakit namunga
ito ng maaasim? **5** Ngayon, ipaaalam ko sa inyo kung
ano ang gagawin ko sa aking ubasan; puputulin ko ang
mga halamang nakapaligid dito; gagawin ko itong isang
pastulan; wawasakin ko ang pader nito, at tatapak-tapakan
ito. **6** Pababayaan ko itong nakatiwangwang, at hindi ito
mapuputol ni mabubungkal. Pero tutubuan ito ng madawag
at matinik na halaman, uutusan ko rin ang mga ulap na
hindi magpaulan dito. **7** Dahil ang ubasan ni Yahweh ng
mga hukbo ay ang tahanan ng Israel, at ang mga tao sa
Juda ang kaniyang kinasisiyang pananim; naghintay siya ng
katarungan, pero sa halip, nagkaroon ng patayan; naghintay
siya para sa katuwiran, sa halip, umiiyak na humihingi ng
tulong. **8** Kaawa-awa ang mga kumakamkam sa mga bahay-
bahay, kumakamkam sa mga bukirin, hanggang wala ng
natira para sa iba, at kayo na lang ang nakatira sa lupain! **9**
Sinabi sa akin ni Yahweh ng mga hukbo, maraming bahay
ang mawawalan ng mga taong nakatira, kahit pa ang mga
malalaki at magagandang bahay, ay walang nakatira. **10**
Dahil ang sampung ektaryang ubasan ay makapagbibigay
lamang ng isang banyerang alak, at ang isang homer ng
binhi ay makapagbibigay lamang ng isang epa. **11** Kaawa-
awa sila na bumabangon nang maaga para maghanap ng
matapang na alak; sila na nagkakasiyahan sa hating-gabi
hanggang malunod sila sa kalasingan! **12** Nagsasalo-salo
sila ng may alpa, lira, tamburin, plauta, at alak, pero hindi
nila kinikilala ang gawa ni Yahweh, ni iniisip ang mga ginawa
ng kaniyang mga kamay. **13** Kaya nga, ang bayan ko ay
binihag dahil sa kakulangan ng pang-unawa; nagutom ang
kanilang mga pinuno, at walang mainom ang kanilang mga
tao. **14** Kaya nga lalong naging matakaw ang kamatayan at
ibinuka ang bibig nito nang malaki; ang mga maharlika, ang
mga tao, ang kanilang mga pinuno at ang mga nagdiriwang
at nagsasaya, ay bumagsak sa sheol. **(Sheol h7585)** **15** Ang
tao ay ibinagsak, ang dakila ay ibinaba, at ang mga mata ng
mayayabang ay inilugmok. **16** Si Yahweh ng mga hukbo
ay itinaas dahil sa kaniyang katarungan, at ang Diyos, ang
Banal ay ipinakita ang kaniyang kabanalan sa pamamagitan
ng kaniyang katuwiran. **17** Pagkatapos, ang mga tupa ay
kakain tulad ng sa sarili nilang pastulan, at sa mga guho
ng mayayaman, ang mga batang tupa ay manginginain
ng damo. **18** Kaawa-awa sila na hinahatak ang kasamaan
gamit ang tali ng kawalan at kinakaladkad ang kasalanan
ng lubid ng kariton; **19** sila na nagsasabi, “Hayaan nating
magmadali ang Diyos, hayaan natin siyang kumilos agad,
para makita natin na mangyayari ito; at hayaan natin na
ang mga plano ng Banal ng Israel ay mabuo at dumating,
para makilala natin sila!” **20** Kaawa-awa silang nagsasabing
mabuti ang kasamaan, at masama ang kabutihan; silang
nagsasabing liwanag ang kadiliman, at kadiliman ang
liwanag; silang nagsasabing matamis ang mapait, at mapait
ang matamis! **21** Kaawa-awa silang matalino sa sarili nilang
mga mata, at marunong sa sarili nilang pang-unawa! **22**
Kaawa-awa silang mga pasimuno sa pag-inom ng alak,
at dalubhasa sa paghahalo-halo ng matatapang na alak;
**23** silang nagpapawalang-sala sa masasama kapalit ng

kabayaran, at nag-aalis ng karapatan ng mga inosente! 24
Kaya nga, gaya ng pinaggapasan na nilamon ng dila ng
apoy at tuyong damo na sinunog, gayundin ang ugat nila ay
matutuyot, at bulaklak nito ay tatangayin na parang alikabok,
dahil itinakwil nila ang batas ni Yahweh ng mga hukbo, at
nilapastangan ang salita ng Banal ng Israel. 25 Kaya nga,
ang galit ni Yahweh ay sumiklab laban sa kaniyang bayan, at
inabot niya sila ng kaniyang kamay at pinarusahan; nanginig
ang mga bundok, at ang kanilang mga bangkay ay naging
tulad ng basura sa mga lansangan. Sa kabila ng lahat ng ito,
hindi napawi ang kaniyang galit, kaya ang kaniyang kamay
ay nakataas pa rin para handang humampas muli. 26 Itataas
niya ang bandila na nagbibigay-hudyat para sa malayong
bansa at sisipol para sa kanila mula sa dulo ng mundo.
Masdan ninyo, magmamadali at maagap silang darating. 27
Walang mapapagod o matitisod sa kanila, walang iidlip ni
matutulog; walang matatanggalan ng sinturon, ni masisiraan
ng sandalyas; 28 matalim ang kanilang mga palaso at
nakaumang na ang lahat ng kanilang mga pana; ang paa ng
kanilang mga kabayo ay tulad ng bato, at ang mga gulong ng
kanilang karwahe ay tulad ng mga bagyo. 29 Ang kanilang
atungal ay magiging tulad sa isang leon; aatungal sila tulad
ng mga batang leon. Aatungal sila at susunggaban ang
biktima at kakaladkarin ng walang sinuman ang tutulong. 30
Sa araw na iyon, aatungal sila laban sa kanilang biktima
gaya ng pag-ugong ng dagat. Kung titingnan ng isang tao
ang lupain, kadiliman at kalungkutan ang kaniyang makikita,
at tatakpan ng mga ulap ang liwanag.

**6** Sa taon ng kamatayan ni Haring Uzias, nakita ko ang
Panginoon na nakaupo sa isang trono; siya ay mataas
at nakaangat; at ang laylayan ng kaniyang kasuotan ay
bumalot sa templo. 2 Nasa taas niya ang mga serapin, bawat
isa ay mayroong anim na pakpak, dalawa ang nakatakip
sa kaniyang mukha, at dalawa ang nakatakip sa kaniyang
mga paa, at ang dalawa ay ginagamit niya sa paglipad. 3
Bawat isa ay nagsasabi sa isa't isa, “Banal, banal, banal
si Yahweh na pinuno ng mga hukbo! Puno ng kaniyang
kaluwalhatian ang buong mundo.” 4 Nayanig ang mga pinto
at mga pundasyon sa mga tinig ng mga nananawagan,
at napuno ng usok ang bahay. 5 Pagkatapos sinabi ko,
“Kaawa-awa ako! Mapapahamak ako dahil ako ay isang
taong marumi ang labi, at namumuhay kasama ng mga
taong marurumi ang mga labi, dahil nakita ng aking mga
mata ang Hari, si Yahweh, si Yahweh na pinuno ng mga
hukbo!” 6 Pagkatapos, isang serapin ang lumipad papalapit
sa akin; mayroon siyang hawak na nagbabagang uling na
kinuha niya gamit ang panipit mula sa altar. 7 Idinampi niya
ito sa aking bibig at sinabi, “Masdan mo, naidampi na ito sa
iyong labi; ang iyong kasalanan ay nilinis at tinubos na. 8
Narinig ko ang tinig ng Panginoon na nagsasabing, “Sino
ang aking isusugo? Sino ang magpapahayag para sa atin?
Pagkatapos sinabi ko, “Narito ako; ako ang iyong isugo.” 9
Sinabi niya, “Humayo ka at sabihin mo sa mga taong ito,
makinig man kayo, hindi kayo makauunawa; tumingin man
kayo, hindi kayo makakikita. 10 Patigasin mo ang puso ng
mga taong ito, gawin mong bingi ang kanilang mga tainga, at
bulagin mo ang kanilang mga mata para hindi sila makakita
o hindi sila makarinig at hindi makaunawa ang kanilang
mga puso, at manumbalik sila sa akin at sila ay gagaling.”
11 Pagkatapos sinabi ko, “Panginoon, hanggang kailan?”
Sumagot siya, “Hanggang sa mawasak ang mga lungsod
at mawalan ng naninirahan dito, at mawalan ng tao ang
mga bahay, at nakatiwangwang ang lupain, 12 at hanggang
ipatapon ni Yahweh ang ang mga tao palayo, at tuluyang
mawalan ng pakinabang ang lupain. 13 Manatili man ang
ikasampung bahagi ng mga tao roon, muli itong wawasakin;
gaya ng isang roble o owk na pinutol at naiwan ang katawan
nito, ang banal na binhi naman ay nasa tuod na ito.”

**7** Sa panahon ni Ahaz na anak ni Jotam na anak ni Uzias,
ang hari ng Juda, si Rezin ang hari ng Aram, at si
Peka anak ni Remalias, ang hari ng Israel, ay umakyat sa
Jerusalem para makipagdigma, pero hindi sila nagtagumpay.
2 Naibalita sa bahay ni David na nakipagkasundo ang Aram
sa Efraim. Kumabog ang dibdib niya pati ng kaniyang bayan,
gaya ng mga puno sa gubat na hinahampas ng hangin.
3 Pagkatapos, sinabi ni Yahweh kay Isaias, “Lumabas ka
kasama ng iyong anak na si Sear-Yasub para makipagkita
kay Ahaz sa dulo ng daluyan ng paliguan sa taas, sa daan
kung saan naroon ang lugar na pinaglalabhan ng mga
kababaihan. 4 Sabihin mo sa kaniya, 'Mag-ingat ka, at
mapanatag, huwag kang matakot at masindak sa dalawang
nagbabagang piraso ng mga kahoy na ito at sa nag-aapoy
na galit ni Rezin ng Aram, at ni Peka na anak ni Remalias. 5
Ang Aram, Efraim at ang anak ni Remalias ay nagplano
ng masama laban sa iyo. Sinabi nila, 6 “Lusubin natin ang
Juda at takutin siya, lusubin natin siya at magluklok tayo ng
hari doon, ang anak ni Tabeel.” 7 Sinasabi ng Panginoong
si Yahweh, “Hindi ito magaganap, hindi ito mangyayari, 8
dahil ang kabisera ng Aram ay Damascus, at ang pinuno ng
Damascus ay si Rezin. Sa loob naman ng animnapu't limang
taon, ang Efraim ay magkakawatak-watak at hindi na muling
magiging bayan. 9 Ang kabisera ng Efraim ay Samaria, at
ang pinuno ng Samaria ay ang anak ni Remalias. Kung
hindi kayo magpapakatatag, tiyak na hindi kayo mananatiling
ligtas.” 10 Nagsalita muli si Yahweh kay Ahaz, 11 “Humingi
ka ng tanda ni Yahweh, ang iyong Diyos; hingin mo ito sa
kailaliman o sa kataas-taasan.” **(Sheol h7585)** 12 Pero sinabi ni
Ahaz, “Hindi ako hihingi, ni hindi susubukin si Yahweh.” 13

Kaya tumugon si Isaias, “Makinig ka, sambahayan ni David.
Hindi pa ba sapat para inyo na subukin ang pagtitimpi ng
mga tao? Kailangan mo bang subukin din ang pagtitimpi ng
aking Diyos? **14** Dahil diyan, ang Panginoon mismo ang
magbibigay sa iyo ng tanda: masdan mo, nagbubuntis ang
isang babae, magsisilang ng isang sanggol na lalaki, at
tatawagin ang kaniyang pangalan na Immanuel. **15** Kakain
siya ng namuong gatas at pulot kapag natutunan na niyang
tumanggi sa kasamaan at piliin ang kabutihan. **16** Dahil bago
matutunan ng bata na tumanggi sa kasamaan at piliin ang
kabutihan, wawasakin muna ang lupain ng dalawang hari na
kinatatakutan mo. **17** Si Yahweh ay magbibigay sa inyo, sa
bayan ninyo at sambahayan ng iyong ama ng mga mga
araw na walang katulad simula nang humiwalay ang Efraim
sa Juda—ipasasakop niya kayo sa hari ng Asiria.” **18** Sa
panahong iyon, sisipol si Yahweh para sa isang langaw mula
sa malalayong batis sa Ehipto, at isang bubuyog mula sa
lupain ng Asiria. **19** Pupunta silang lahat at mananatili sa
lahat ng mga bangin, sa bitak ng mga malalaking bato, at
lahat ng matitinik na halaman, at sa lahat ng mga pastulan.
**20** Sa panahong iyon, mag-aahit ang Panginoon gamit ang
labaha na inupahan niya mula sa kabilang ibayo ng Ilog ng
Eufrates—sa hari ng Asiria—aahitin niya ang inyong buhok,
buhok sa inyong hita; at aahitin niya rin ang inyong balbas.
**21** Sa araw na iyon, pananatilihing buhay ng isang lalaki
ang isang batang baka at dalawang tupa, **22** at dahil sa
kasaganahan ng gatas na kanilang binibigay, kakain siya ng
namuong gatas, dahil lahat ng naiwan sa lupain ay kakain
ng namuong gatas at pulot. **23** Sa panahong iyon, sa lugar
kung saan ang isang libong puno ng ubas ay nagkakahalaga
sana ng isang libong salaping pilak, magiging dawagan at
puro tinik lang ito. **24** Pupunta roon ang mga kalalakihan
para mangaso gamit ang palaso, dahil ang buong lupain ay
puro dawag at tinik. **25** Lalayo sila mula sa lahat ng mga
burol na kanilang binungkal gamit ang asarol, dahil sa takot
sa mga dawag at tinik; pero magiging lugar ito kung saan
manginginain ang mga baka at tupa.

**8** Sinabi sa akin ni Yahweh, “Kumuha ka ng malapad na
bato at iukit mo dito ang, 'Maher Shalal Has Baz.' **2**
Tatawag ako ng mga tapat na mga saksi para magpatotoo
para sa akin, ang paring si Urias, at Zacarias na anak ni
Jeberequias.” **3** Pumunta ako sa babaeng propeta, at siya
ay nagbuntis at nagsilang ng anak na lalaki. At sinabi sa
akin ni Yahweh, “Pangalanan mo siyang Maher Shalal Has
Baz.” **4** Sapagkat bago pa lang matutong sumigaw ang
bata ng 'Aking tatay' at 'Aking nanay,' ang kayamanan ng
Damasco at ang nasamsam ng Samaria ay dadalhin ng
hari ng Asiria. **5** Nangusap muli si Yahweh sa akin, **6** “Dahil
tinanggihan ng mga tao ang banayad na tubig ng Shiloah,
at masaya pa sila kay Rezin at sa anak ni Remalias, **7**
kaya ipapadala sa kanila ng Panginoon ang mga tubig ng
Ilog, malakas at marami, ang hari ng Asiria at ang lahat
ng kaniyang kaluwalhatian. Dadaloy sa lahat ng mga kanal
nito at aapaw sa mga pampang, **8** at palulubugin nito ang
Juda, babaha at aagos, hanggang sa umabot ito sa inyong
mga leeg. Ang kaniyang nakabukang mga pakpak ang
tatabon sa buong lupain, Immanuel.” **9** Madudurog kayong
mga tao ng pira-piraso. Makinig, kayong malalayong bansa:
maghanda kayo para sa digmaan at kayo ay dudurugin ng
pira-piraso. Ihanda ang inyong sarili at kayo ay dudurugin.
**10** Gumawa kayo ng plano, pero hindi ito maisasakatuparan;
magbigay kayo ng utos pero hindi ito susundin, dahil ang
Diyos ay kasama namin. **11** Nangusap sa akin si Yahweh,
ang kaniyang makapangyarihang kamay ay nasa akin, at
binalaan akong huwag sumunod sa pamumuhay ng mga
taong ito. **12** Huwag ninyong tawaging pagsasabwatan ang
alinmang tinuturing na pagsasabwatan ng mga taong ito;
huwag kang matakot sa kinakatakutan nila, at huwag kang
magpasindak. **13** Si Yahweh ng mga hukbo, pararangalan
ninyo siya bilang banal, katatakutan ninyo siya, at siya
ang dapat ninyong pangambahan. **14** Siya ay magiging
santuaryo; pero siya ay tulad ng isang bato na tatama sa
kanila, at isang malaking bato na makakapagpatumba sa
dalawang bahay ng Israel. At siya ay magiging patibong
at silo sa mamamayan ng Jersusalem. **15** Marami ang
matitisod dito, madadapa at masisira, masisilo at mabibihag.
**16** Ibalumbon mo ang aking patotoo, selyuhan ang opisyal
na tala, at ibigay ito sa aking mga alagad. **17** Maghihintay
ako kay Yahweh, siya na itinatago ang kaniyang mukha
mula sa bahay ni Jacob; maghihintay ako sa kaniya. **18**
Tingnan, ako at ang mga anak na lalaki na binigay sa akin ni
Yahweh ang magsisilbing tanda at himala sa Israel mula kay
Yahweh ng mga Hukbo, na nananahan sa Bundok ng Sion.
**19** Sasabihan ka nila, “Kumunsulta ka sa mga manghuhula at
mga salamangkero,” silang mga nagsasambit at bumubulong
ng mga dasal. Pero hindi ba dapat sa Diyos kumukunsulta
ang mga tao? Mas nararapat bang konsultahin nila ang patay
para sa mga nabubuhay? **20** Kaya inyong ituon ang inyong
atensyon sa batas at patotoo! Kapag hindi nila sinabi ang
bagay na ito, ito ay dahil wala silang liwanag ng umaga. **21**
Sila ay maglalakbay sa lupain na naghihirap at nagugutom.
Kapag sila ay nagutom, magagalit sila at susumpain nila ang
kanilang hari at ang Diyos, habang sila ay nakatingala. **22**
Pagmamasdan nila ang lupa at makikita ang paghihirap,
kadiliman at mapang-aping kalungkutan. Sila ay itataboy
tungo sa lupain ng kadiliman.

**9** Mapapawi ang lungkot ng siyang nasa pagdadalamhati.
Sa nakaraang panahon, pinahiya niya ang lupain ng

Zebulun at ang lupain ng Neftali, pero sa darating na
panahon ay gagawin niya itong maluwalhati, ang landas
tungo sa dagat, ang malayong dako mula sa Jordan, ang
Galilea ng mga bansa. 2 Ang mga taong naglalakad sa
dilim ay nakakita ng isang dakilang liwanag; silang mga
naninirahan sa lambak ng anino ng kamatayan, ang liwanag
ay sumikat sa kanila. 3 Pinarami mo ang bansa, dinagdagan
mo ang kanilang kagalakan; nagagalak sila sa iyo gaya nang
sa anihan, gaya ng mga kalalakihan kapag pinaghahatian na
nila ang nasamsam sa labanan. 4 Dahil ang pasan niyang
pamatok, ang kahoy sa kaniyang balikat, ang pamalo ng
kaniyang mang-aapi, ay iyong sinira na gaya noong araw
sa Midian. 5 Sapagkat ang mga bota ay lumalakad sa
kaguluhan, ang damit na nababad sa dugo ay susunugin,
bilang pandingas sa apoy. 6 Dahil para sa atin, isang
sanggol ang isinilang, isang anak na lalaki ang binibigay;
at ang kapamahalaan ay nasa kaniyang balikat; at ang
pangalang itatawag sa kaniya ay Kahanga-hangang Taga-
payo, Makapangyarihang Diyos, Walang-hanggang Ama,
Prinsipe ng Kapayapaan. 7 Sa paglawak ng kaniyang
kapamahalaan, mananatili ang kapayapaan, habang siya ay
nakaluklok sa trono ni David, sakop ang kaniyang kaharian,
patatatagin niya at panatilihin ito nang may katarungan at
katuwiran mula ngayon at magpakailanman. Ang kasigasigan
ni Yahweh ng mga hukbo ang tutupad nito. 8 Nagpadala ng
mensahe ang Panginoon laban kay Jacob, at ito ay naipataw
sa Israel. 9 Malalaman ng lahat, maging ng Efraim at ng mga
taga-Samaria, na nagmamayabang at nagmamataas sa puso
nang sinabi nila, 10 "Nagiba ang mga laryo, pero bubuuin
namin muli sa pamamagitan ng inukit na bato; naputol ang
mga sikamore, pero magtatanim kami ng mga sedar pamalit
sa kanila." 11 Kaya lalabanan siya ni Yahweh, si Rezin, ang
kaniyang kalaban, at hihimukin ang kaniyang mga kalabang
12 mga Arameo sa silangan, at ang mga Filisteo sa kanluran.
Lalapain nila ang Israel nang may nakabukang bibig. Dahil
sa kanyang galit hindi hihinto si Yahweh, at nakataas pa
rin ang kaniyang kamay para humampas. 13 Pero hindi
babalik ang mga tao sa humampas sa kanila, ni hahanapin
si Yahweh ng mga hukbo. 14 Kaya puputulin ni Yahweh
mula sa Israel ang ulo at ang buntot, ang sanga ng palma at
tangkay, sa loob lang ng isang araw. 15 Ang mga pinuno
at ang mga mayayaman ay ang ulo; at ang propetang
nagtuturo ng kasinungalingan ay ang buntot. 16 Inililigaw sila
ng mga taong nangunguna sa kanila, at ang mga sumunod
ay nilamon. 17 Kaya hindi magsasaya ang Diyos sa kanilang
mga kabataang lalaki, o kaya magkakaroon ng awa sa mga
naulila sa ama at mga balo, dahil ang karamihan ay walang
Diyos at masasama, at ang bawat bibig ay nagsasalita ng
kahangalan. Dahil sa lahat ng mga ito, ang kaniyang galit ay
hindi huhupa, pero nakataas pa rin ang kaniyang kamay
para humampas. 18 Ang kasamaan ay tumutupok na parang
apoy, inuubos nito ang mga damo at mga tinik; at sinusunog
pa nito maging ang kasukalan ng kagubatan, na umaangat
ang usok na parang haligi. 19 Sa pamamagitan ng nag-
uumapaw na galit ni Yahweh ng mga hukbo ang lupain ay
nasunog at ang mga tao ay tulad ng langis para sa apoy.
Walang patatakasin sa kaniyang mga kapatid. 20 Hihiwa sila
ng laman sa kanilang kanang kamay pero magugutom pa rin
sila; kakainin nila ang laman ng kanilang kaliwang kamay
pero hindi sila mabubusog. 21 Ang bawat isa ay kakainin ang
kanilang sariling kamay. Lalapain ng Manases ang Efraim, at
ang Efraim ang Manases at ang dalawa ay lulusob sa Juda.
Sa lahat ng mga ito ang galit ni Yahweh ay hindi huhupa,
pero nakataas pa rin ang kaniyang kamay para humampas.

**10** Anong kapighatian ang nakalaan sa mga gumagawa
nang hindi makatuwirang mga batas at hindi patas na
mga tuntunin. 2 Pinagkaitan nila ng katarungan ang mga
nangangailangan, ninakawan ng karapatan ang naghihirap
kong bayan, ninanakawan ang mga balo, at binibiktima
ang mga ulila sa ama! 3 Ano ang gagawin mo sa araw ng
paghuhukom kapag dumating na ang pagkawasak mula sa
malayo? Kanino ka tatakbo para magkubli at ilalagak ang
iyong kayamanan? 4 Walang matitira, gagapang ka kasama
ng mga bihag, o babagsak kasama ng mga napaslang. Sa
lahat ng mga ito, hindi pa humuhupa ang galit ni Yahweh,
pero nakataas pa rin ang kaniyang kamay para humampas.
5 Anong kapighatian ang nakalaan sa mga taga-Asiria,
ang pamalo ng aking galit, ang pamalo ng aking poot! 6
Ipapadala ko siya laban sa isang mayabang na bansa at
laban sa mga taong pasan ang nag-uumapaw kong poot.
Inutusan ko siyang samsamin ang mga kayamanan, para
kunin ang biktima, at para apakan sila tulad ng mga putik sa
mga lansangan. 7 Pero hindi ito ang kaniyang intensyon, o
hindi niya inisip ang ganitong pamamaraan. Nasa kaniyang
puso ang wasakin ang maraming bansa. 8 Dahil sinabi
niya, "Hindi ba lahat ng aking mga prinsipe ay mga hari?
9 Hindi ba tulad ng Calno ang Carquemis? Hindi ba ang
Hamat ay tulad ng Arpad? Hindi ba ang Samaria ay tulad
ng Damasco? 10 Gaya ng pagsakop ko sa mga paganong
kaharian, na ang mga inukit na rebulto ay mas malaki kaysa
sa Jerusalem at Samaria, 11 tulad ng ginawa ko sa Samaria
at sa mga walang kwenta niyang diyus-diyosan, hindi ko rin
ba ito gagawin sa Jerusalem at sa kaniyang mga diyus-
diyosan?" 12 Kapag natapos na ang ginagawa ng Diyos sa
Bundok ng Sion at sa Jerusalem, siya ay magsasabi ng
"paparusahan ko ang mga kayabangan na sinabi ng hari
ng Asiria at kaniyang mapagmataas na hitsura. 13 Dahil
sinabi niya, "Sa pamamagitan ng aking lakas at katalinuhan

kaya ko ito nagawa, at tinanggal ko ang mga hangganan
ng mga tao. Ninakaw ko ang kanilang mga kayamanan, at
tulad ng isang makapangyarihang tao winasak ko silang
mga nakaupo sa mga trono. **14** Kinuha ng aking kamay, na
tila mula sa isang pugad, ang kayamanan ng mga bansa,
na parang kumukuha lang ng mga naiwang itlog, ganoon
ko kinamkam ang buong mundo. Walang nagpagaspas ng
kanilang pakpak o nagbukas sa kanilang bibig para humuni."
**15** Makakapagmayabang ba ang palakol sa taong gumagamit
nito? Pupurihin ba ng lagari ang kaniyang sarili nang higit pa
kaysa sa mamumutol na gumagamit nito? O kaya naman
kaya bang iangat ng pamalo ang namamalo o ang pamalo
ba ay kayang buhatin ang bumubuhat sa kaniya? **16** Kaya
magpapadala ng pagkagutom ang Panginoong Yahweh ng
mga hukbo sa kaniyang mga magigiting na mandirigma, at
sa silong ng kaniyang kaluwalhatian ay may nagniningas na
apoy. **17** Ang liwanag ng Israel ay magiging isang apoy, at
ang kaniyang Banal ay alab; tutupukin niya ang mga damo
at mga tinik sa loob lang ng isang araw. **18** Tutupukin ni
Yahweh ang kaluwalhatian ng kaniyang kagubatan at ang
kaniyang masaganang lupain, ang parehong kaluluwa at
katawan, ito ay magiging tulad ng isang lalaking may sakit
na unti-unting nawawalan ng buhay. **19** Ang mga maiiwan na
bahagi ng mga puno sa kaniyang kagubatan ay kakaunti
lamang, na kaya itong bilangin ng isang bata. **20** Sa araw na
iyon, ang mga naiwan sa Israel, ang pamilya ni Jacob na
nakatakas, ay hindi na patuloy aasa sa sumakop sa kanila,
bagkus kay Yahweh na sila aasa, Ang Banal ng Israel. **21**
May mga naiwan kay Jacob ang babalik kay Yahweh. **22**
Kahit na ang iyong mamamayan, Israel, ay kasing dami
ng mga buhangin sa dalampasigan, kakaunti lamang mula
sa kanila ang babalik. Ang pagkawasak ay naitalaga na,
ayon sa hinihingi ng nag-uumapaw na katuwiran. **23** Dahil
ipapatupad na ng Panginoong Yahweh ng mga hukbo, ang
hatol na wasakin ang lupain. **24** Kaya sinabi ng Panginoong
Yahweh ng mga hukbo, "Ang aking bayan na nakatira sa
Sion ay hindi natatakot sa mga taga-Asiria. Hahampasin
niya kayo ng kaniyang pamalo, at papaluin ng kaniyang
tungkod, na tulad ng ginawa sa mga taga-Ehipto. **25** Huwag
kayong matakot sa kaniya, dahil sa konting sandali na lang
ang aking galit sa inyo ay matatapos na, at itutuon ko naman
sa kaniya ang aking galit na wawasak sa kaniya." **26** At
hahampasin sila ni Yahweh ng mga hukbo ng latigo, tulad
nang pagtalo niya sa Midian sa bato ng Oreb. Itataas niya
ang kaniyang pamalo sa ibabaw ng dagat tulad nang ginawa
niya sa Ehipto. **27** Sa araw na iyon, ang mga pabigat ay
aalisin sa inyong balikat at ang pamatok ay tatanggalin mula
sa inyong mga leeg, at sisirain ang mga pamatok dahil
malayo na ang inyong mga leeg mula rito. **28** Tinahak ng
mga kalaban ang Migron at dumating sa Aiat, at inilagak
ang kanilang mga kagamitan sa Micmas. **29** Tinawid nila
ang lambak at gumawa ng kuta sa Geba. Nanginig sa takot
ang Ramah at ang Gibea ni Saul ay tumakas. **30** Sumigaw
kayo nang malakas, mga dalaga ng Galim! Makinig kayo,
Laisa! Kayong mga kaawa-awang Anatot! **31** Tumatakas ang
Madmenah, at ang mga nananahan sa Gebim ay naghanap
ng mapagkakanlungan. **32** Ngayong araw mismo, titigil siya
sa Nob at iuumang ang kaniyang kamao sa bundok ng
anak ng Sion, sa bulubundukin ng Jerusalem. **33** Masdan,
puputulin ng Panginoong Yahweh ng mga hukbo ang mga
sanga ng puno sa isang kasindak-sindak na pagbagsak; ang
mga matataas na puno ay puputulin, at ang mga matatayog
ay babagsak. **34** puputulin niya ang kasukalan ng kagubatan
gamit ang palakol, at ang tanyag na Lebanon ay babagsak.

**11** Isang sibol ang magmumula sa ugat ni Jesse, at ang
isang sanga mula sa kaniyang ugat ang magbubunga.
**2** Mapapasakanya ang espiritu ni Yahweh, espiritu ng
karunungan at pang-unawa, espiritu ng paggabay at
kapangyarihan, ang espiritu ng kaalaman at takot kay
Yahweh. **3** Ang pagkatakot kay Yahweh ang magiging
kagalakan niya; hindi siya manghahatol ayon sa nakikita
ng kaniyang mga mata, ni magpapasya ayon sa naririnig
ng kaniyang tainga. **4** Sa halip, hahatulan niya ang
mahihirap nang makatwiran at magpapasya ng patas sa
mga mapagkumbaba sa mundo. Hahampasin niya ang
mundo ng pamalo ng kaniyang bibig, at sa pamamagitan
ng kaniyang mga labi, papatayin niya ang masasama. **5**
Ang katuwiran ang magiging sinturon niya sa kaniyang
baywang, at katapatan ang sinturon na nakasuot sa kaniyang
balakang. **6** Mamumuhay ang lobo kasama ng kordero,
at hihiga ang leopardo kasama ng batang kambing, guya,
batang leon at pinatabang guya. Isang maliit na bata ang
mamumuno sa kanila. **7** Magkasamang kakain ang baka at
oso, at magkakasamang matutulog ang kanilang mga anak.
Kakain ang leon ng damo gaya ng baka. **8** Makapaglalaro
ang isang sanggol sa bahay ng ahas, at mailalagay ng
batang hindi na sumususo sa kaniyang ina ang kaniyang
mga kamay sa lungga ng ahas. **9** Hindi nila sasaktan ni
wawasakin ang lahat ng banal na bundok; dahil mapupuno
ang mundo ng maraming kaalaman kay Yahweh, gaya ng
tubig na binabalutan ang dagat. **10** Sa araw na iyon, titindig
ang ugat ni Jesse bilang isang bandila para sa mga tao.
Hahanapin siya ng mga bansa, at magiging maluwalhati ang
kaniyang lugar ng kapahingahan. **11** Sa araw na iyon, muling
iuunat ng Panginoon ang kaniyang kamay para mabawi
ang nalabi sa kaniyang mga tao sa Asiria, Ehipto, Patros,
Etiopia, Elam, Sinar, Hamat, at mga isla sa karagatan. **12**
Maglalagay siya ng bandila para sa mga bansa at titipunin

ang mga taga-Israel at Juda na tinapon mula sa apat na
sulok ng mundo. **13** Ititigil niya ang inggit ng Efraim, at aalisin
niya ang mga laban sa Juda. Hindi na maiinggit ang Efraim
sa Juda, at hindi na laban ang Juda sa Efraim. **14** Sa halip,
lulusob sila sa mga burol ng Filisteo sa kanluran, at sama-
sama nilang susugurin ang mga tao sa silangan. Lulusubin
nila ang Edom at Moab, at susunod sa kanila ang bayan
ng Ammon. **15** Lubusang wawasakin ni Yahweh ang gulpo
ng dagat ng Ehipto. Sa pamamagitan ng tuyong hangin,
iwawagayway niya ang kaniyang kamay sa Ilog ng Eufrates
at hahatiin ito sa pitong batis, para matawiran gamit ang mga
sandalyas. **16** Magkakaroon doon ng malapad na daanan
para sa mga nalabing tao na bumalik mula sa Asiria, kung
paanong nakadaan ang Israel palabas mula sa lupain ng
Ehipto.

**12** Sa araw na iyon, sasabihin ninyo, "Magbibigay kami
ng papasalamat sa iyo, Yahweh. Kahit na galit ka
sa amin, nawala na ang iyong poot, at inaliw mo kami. **2**
Tingnan ninyo, ang Diyos ang aming kaligtasan; magtitiwala
kami at hindi matatakot, dahil si Yahweh, oo, si Yahweh
ang aming kalakasan at awitin. Siya ang aming naging
kaligtasan." **3** Masaya kayong kukuha ng tubig mula sa mga
balon ng kaligtasan. **4** Sa araw na iyon, inyong sasabihin,
"Magbigay ng pasasalamat kay Yahweh at tumawag sa
kaniyang pangalan; sabihin ang kaniyang mga ginawa sa
kalagitnaan ng mga tao, ihayag ang dakila niyang pangalan.
**5** Umawit kay Yahweh, dahil gumawa siya ng mga dakilang
bagay; ipaalam ito sa buong mundo. **6** Umiyak nang malakas
at sumigaw sa tuwa, kayong mga naninirahan sa Sion, dahil
nasa inyong kalagitnaan ang Banal na Diyos ng Israel."

**13** Isang pahayag tungkol sa Babilonia, na natanggap ni
Isaias anak ni Amoz: **2** Sa kalbong bundok maglagay
ka ng isang bandilang panghudyat, umiyak kayo ng malakas
sa kanila, iwagayway ang inyong kamay para pumunta
sila sa mga tarangkahan ng mga maharlika. **3** Inutusan
ko ang aking mga banal, oo, tinawag ko ang malalakas
kong mandirigma para isagawa ang aking galit, pati ang
malalakas kong mandirigma ay matutuwa. **4** Ang ingay ng
karamihan sa mga bundok, ay gaya ng maraming tao! Ang
ingay ng kaguluhan sa mga kaharian ay gaya ng maraming
bansa na nagtipon-tipon! Tinitipon ni Yahweh ng mga hukbo
ang mga kawal para sa labanan. **5** Nanggaling sila mula
sa malayong bansa na hindi na natatanaw. Si Yahweh
ang wawasak ng buong lupain gamit ang kaniyang mga
instrumento ng paghahatol. **6** Umungol kayo, dahil papalapit
na ang araw ni Yahweh; darating ito nang may pagwasak
mula sa Makapangyarihan. **7** Dahil dito, manlalambot ang
lahat ng kamay at matutunaw ang bawat puso; Matatakot
sila; matinding kirot at kalungkutan ang lulupig sa kanila,
gaya ng isang babaeng nanganganak. **8** Titingin sila ng may
pagkamangha sa isa't-isa; mag-aalab ang kanilang mga
mukha. **9** Tingnan ninyo, dadating ang araw ni Yahweh
nang may mabagsik na poot at nag-uumapaw na galit,
para gawing malagim ang lupain at para wasakin ang
mga makasalanan doon. **10** Hindi ibibigay ng mga bituin
sa langit at mga grupo ng bituin ang kanilang liwanag.
Magdidilim ang araw kahit na bukang-liwayway, at hindi
magniningning ang buwan. **11** Parurusahan ko ang daigdig
dahil sa kasamaan nito at dahil sa kanilang kasalanan.
Tatapusin ko ang kayabangan ng mga mapagmataas at
ibababa ko ang kayabangan ng mararahas. **12** Gagawin
kong mas madalang ang mga tao kaysa sa pinong ginto at
mas mahirap hanapin kaysa sa purong ginto ng Ofir. **13** Dahil
dito, papanginigin ko ang kalangitan, at yayanigin ang lupa
sa kinalalagyan nito, sa pamamagitan ng matinding poot ni
Yahweh ng mga hukbo, at sa araw ng kaniyang matinding
galit. **14** Gaya ng isang hinahabol na gasel o gaya ng isang
tupang walang pastol, babalik ang bawat tao sa kanilang
sariling bayan at tatakas patungo sa sarili nilang lupain. **15**
Ang bawat taong matatagpuan ay papatayin, at ang bawat
taong mahuhuli ay mamamatay sa pamamagitan ng espada.
**16** Dudurugin din ng pira-piraso ang kanilang mga anak sa
kanilang harapan. Nanakawan ang kanilang mga bahay at
huhulihin ang kanilang mga asawa at sisipingan. **17** Tingnan
ninyo, pupukawin ko ang Medes para lusubin sila, na hindi
iisipin ang tungkol sa pilak, ni hindi matutuwa sa ginto. **18**
Tutusok ang mga palaso nila sa mga kabataan. Hindi sila
maaawa sa mga sanggol at walang ititirang mga bata. **19** At
Babilonia, ang pinakahinahangaan sa mga kaharian, ang
pinagmamalaking kaluwalhatian ng Chaldea ay itatapon
ng Diyos gaya ng Sodoma at Gomorra. **20** Hindi na ito
matitirahan o pamumuhayan mula sa saling-lahi hanggang
sa isa pang saling-lahi. Hindi na itatayo ng Arabo ang
kaniyang tolda doon, ni pagpapahingahin ng pastol ang
kawan ng tupa doon. **21** Pero ang mga mababangis na
hayop ng ilang ang hihiga doon. Mapupuno ang kanilang
mga bahay ng mga kwago; at mga ostrich at mga ligaw na
kambing ang magluluksuhan doon. **22** Aatungal ang hiyena
sa kanilang mga kuta, at mga asong-gubat sa magagandang
palasyo. Nalalapit na ang oras niya, at hindi na magtatagal
ang kaniyang mga araw.

**14** Mahahabag si Yahweh sa Jacob; pipiliin niya muli ang
Israel at ibabalik sila sa sarili nilang lupain. Sasapi ang
mga dayuhan sa kanila at iaanib ang kanilang mga sarili sa
bayan ng Jacob. **2** Dadalahin sila ng mga bansa sa kanilang
lugar. Pagkatapos, kukunin sila ng bayan ng Israel sa lupain
ni Yahweh bilang lalaki at babaeng mga alipin. Mabibihag nila

ang mga bumihag sa kanila, at pamumunuan nilang lahat
ng mga nang-api sa kanila. **3** Sa araw na bibigyan kayo ni
Yahweh ng kapahingahan mula sa paghihirap at pagdurusa,
at mula sa mahirap na pagtratrabaho na kailangan ninyong
gawin, **4** aawit kayo ng awiting panghamak laban sa hari ng
Babilonia, “Paano natapos ang nang-aapi, ang pagmamataas
nila ay tapos na! **5** Sinira na ni Yahweh ang tungkod ng
masasama, ang setro ng mga namamahala, **6** na pumapalo
sa mga tao nang paulit-ulit, na galit na pinamahalaan ang
mga bansa, sa pamamagitan ng walang tigil na paglusob.
**7** Nasa kapayapaan at katahimikan ang buong mundo;
nagsimula silang magdiwang na may awitan. **8** Nagdiriwang
maging ang mga puno ng pir sa mga sedar ng Lebanon; sabi
nila, 'Ngayong naputol ka na, walang tagaputol ng puno ang
pupunta dito para putulin tayo.' **9** Sabik kang sasalubungin ng
Sheol kapag bumaba ka doon. Papabangunin nito ang mga
patay para sa iyo, lahat ng hari sa mundo, itataas sila mula
sa kanilang mga trono. **(Sheol h7585)** **10** Kakausapin ka nilang
lahat at sasabihin sa'yo, 'naging mahina ka na gaya namin.
Gaya ka na namin. **11** Binaba ang iyong karangyaan sa Sheol
kasama ng tunog ng iyong instrumentong may kuwerdas.
Nakakalat ang mga uod sa iyong ilalim, at nakabalot ang
mga bulate sa iyo. **(Sheol h7585)** **12** Paano ka nahulog mula sa
kalangitan, ikaw na bituin sa araw, anak ng umaga! Paano
ka naputol sa lupa, ikaw na sumakop sa mga bansa! **13**
Sabi mo sa iyong puso, 'Aakyat ako sa langit, itataas ko ang
aking trono sa taas ng mga bituin ng Diyos, at uupo ako
sa bundok ng kapulungan, sa malayong bahagi ng hilaga.
**14** Aakyat ako na mas mataas sa mga ulap; gagawin kong
Kataas-taasang Diyos ang aking sarili.' **15** Pero ngayon
nadala ka dito pababa sa Sheol, sa ilalim ng hukay. **(Sheol
h7585)** **16** Titingnan ka nila at iisipin ang nangyari sa iyo.
Sasabihin nila. 'Ito ba ang taong nagpanginig sa mundo, na
nagpayanig ng mga kaharian, na siyang ginawang ilang
ang daigdig, **17** na siyang nagbagsak ng mga lungsod at
ang siyang hindi nagpauwi sa mga bilanggo sa kanilang
mga tahanan? **18** Lahat ng hari sa mga bansa, matutulog
sa kaluwalhatian, sa bawat libingan nila. **19** Pero hindi ka
kabilang sa iyong libingan gaya ng isang sangang tinapon,
matatabunan ka ng mga patay gaya ng isang damit, sa mga
natusok ng espada - sa mga nahulog sa mga batuhan ng
hukay. **20** Gaya ng isang bangkay na tinapon sa ilalim, hindi
ka makakasama sa kanila sa libingan, dahil winasak mo
ang iyong lupain. Ikaw na pumatay sa iyong kababayan ay
anak ng mga gumagawa ng masama at hindi na muling
babanggitin kailanman.” **21** Maghanda ka sa pagkatay sa
kaniyang mga anak, dahil sa kasalanan ng kanilang mga
ninuno, upang hindi sila tumaas at makuha ang mundo at
punuin ang buong daigdig ng mga lungsod. **22** “Lalaban ako
sa kanila” - pahayag ito ni Yahweh ng mga hukbo.” Puputulin
ko ang pangalan ng Babilonia, kaapu-apuhan, at saling-lahi
sa hinaharap” - payahag ito ni Yahweh. **23** Gagawin ko din
silang papunta sa lugar ng mga kuwago, at sa mga sapa, at
wawalisin ko siya ng walis ng pagkawasak” - payahag ito ni
Yahweh ng mga hukbo. **24** Nanumpa si Yahweh ng mga
hukbo, “Sigurado, gaya ng nais ko, mangyayari iyon; at gaya
ng layunin ko, mangyayari iyon: **25** Wawasakin ko ang mga
taga-Asiria sa aking lupain, at tatapakan ko sila sa aking mga
bundok. Pagkatapos, maiaangat ang pamatok sa kaniya
at kaniyang pasanin sa kaniyang mga balikat.” **26** Ito ang
plano na nais ko para sa buong mundo, at ito ang kamay
na nakataas sa lahat ng mga bansa. **27** Dahil binalak ni
Yahweh ng mga hukbo ito; sino ang makapipigil sa kaniya?
Nakataas ang kaniyang kamay, at sino ang makabababa
nito? **28** Sa panahon na namatay si haring Ahaz, dumating
ang pahayag na ito: **29** Huwag kayong magalak, Filisteo,
dahil nasira na ang pamalong hinampas sa inyo. Dahil sa
pinanggalingan ng ahas ay may paparating na isa pa, at
magiging lumilipad na ahas ang kaniyang anak. **30** Kakain
ang panganay ng mahirap, at makakatulog ng ligtas ang
mga nangangailangan. Papatayin ko ang pinanggalingan
mo sa pamamagitan ng kagutuman na papatay sa lahat ng
nakaligtas sa inyo. **31** Umungol kayo, umiyak kayo; lungsod;
matutunaw ang lahat ng mayroon ka; Filistio. Dahil mula sa
hilaga, darating ang ulap na usok, at walang nakahiwalay
sa hanay niya. **32** Paano sasagutin ng isang tao ang mga
mensahero ng bansang iyon? Si Yahweh ang nagtalaga
ng Sion, at sa Sion makatatagpo ng kanlungan ang mga
nahirapang bayan niya.

**15** Pahayag tungkol sa Moab. Tunay nga, sa loob ng
isang gabi, nasalaula at nawasak ang Ar ng Moab;
tunay nga, sa loob ng isang gabi, nasalaula at nawasak
ang Kir ng Moab. **2** Pumunta sila sa templo, pumunta sa
matataas na lugar ang mga tao sa Dibon para umiyak;
nagluksa ang Moab dahil sa Nebo at Medeba. Kinalbo ang
kanilang mga ulo at pinutol ang kanilang mga balbas. **3** Sa
kanilang mga lansangan, nagsuot sila ng sako; nanangis sila
sa tuktok ng kanilang mga bahay at sa plasa. **4** Tumawag
ng tulong ang Hesbon at Eleale; narinig ang kanilang tunog
sa kasing layo ng Jahaz. kaya tumawag ng tulong ang mga
armadong kalalakihan ng Moab; nanginginig sila. **5** Umiiyak
ang aking puso para sa Moab; pumunta ang mga takas sa
kanila sa Zoar at Eglat-Selisiya. Pumunta sila sa taas ng
Luhit nang umiiyak; papunta sa Horonaim, malakas silang
nanangis dahil sa kanilang pagkawasak. **6** Natuyo ang mga
tubig sa Nimrim; natuyot ang mga damo at namatay ang
mga bagong tubong damo; wala ng luntiang makikita. **7** Ang
kasaganahang pinalaki nila at inipon ay natangay palayo sa

batis ng mga poplar. **8** Maririnig ang kanilang mga iyak sa
buong teritoryo ng Moab; maririnig ang kanilang pagtatangis
na kasing layo ng Eglaim at Beer-elim. **9** Dahil puno ng dugo
ang mga tubig ng Dimon; pero magdadala pa ako ng mas
marami sa Dimon. Isang leon ang aatake sa mga tatakas
mula sa Moab at pati ang mga naiwan sa lupain.

**16** Magpadala ka ng mga tupa sa tagapamahala ng lupain
mula sa Sela sa ilang, sa mga babaing anak sa bundok
ng Sion. **2** Gaya ng naggagalang mga ibon, gaya ng isang
nakakalat na pugad, kaya ang mga babae ng Moab ay nasa
mga tawiran ng Ilog Arnon. **3** Magbigay ng tagubilin, gawin
ang makatwiran; magbigay ng ilang silungan gaya ng gabi sa
kalagitnaan ng araw; itago ang mga takas; huwag pagtaksilan
ang mga takas. **4** Hayaan silang mamuhay kasama ninyo,
mga takas mula sa Moab; maging taguan kayo para sa
kanila mula sa tagapagwasak." Dahil hihinto ang pang-aapi,
at titigil ang pagkawasak, mawawala sa lupain ang mga
yumuyurak. **5** Isang trono ang maitatatag sa katapatan sa
tipan; at isa mula sa tolda ni David ang matapat na uupo
doon. Maghuhusga siya habang naghahanap ng katarungan
at gumagawa ng katwiran. **6** Narinig natin ang pagmamataas
ng Moab, kaniyang kayabangan, kaniyang kahambugan at
kaniyang galit. Pero ang kaniyang kahambugan ay walang
lamang mga salita. **7** Kaya mananangis ang Moab para sa
Moab, mananangis ang lahat. Magluluksa kayo para sa
mamon na may pasas ng Kir-Hareset na lubos na nawasak.
**8** Natuyo ang mga taniman sa Hesbon pati ang mga ubasan
ng Sibma. Tinapakan ng mga namamahala sa mga bansa
ang napiling mga ubusan na umabot sa Jazer at kumalat
sa ilang. Malawak na kumalat ang mga sibol; napunta sila
lagpas sa dagat. **9** Tunay nga na iiyak ako kasama ng
Jazer dahil sa taniman ng ubas ng Sibma. Tutubigan kita
ng aking luha, Hesbon, at Eleale. Dahil sa iyong taniman
ng mga prutas at tinapos ko ang aking pag-ani nang may
sigaw ng kagalakan. **10** Nawala ang kagalakan at kasiyahan
mula sa mga prutasan; at wala ng awitan ni masasayang
sigawan sa iyong taniman ng ubas. Wala ng taga-tapak ang
umaapak sa pagawaan ng alak; ginawa kong pahintuin ang
antigong sigawan. **11** Kaya naghihinagpis ang aking puso
gaya ng isang alpa para sa Moab, at aking kalooban para sa
Kir-heres. **12** Nang pinagod ng Moab ang kaniyang sarili
sa mataas na lugar at pumasok sa kaniyang templo para
manalangin, walang magagawa ang kaniyang panalangin.
**13** Ito ang salita na nakaraang sinabi ni Yahweh tungkol sa
Moab. **14** Muli nagsalita si Yawheh, "Sa loob ng tatlong taon,
mawawala ang kaluwalhatian ng Moab; kahit na marami
siyang mga tao, kakaunti lang ang matitira at hindi pa
mahalaga."

**17** Isang kapahayagan tungkol sa Damasco. Pagmasdan
ninyo, hindi na magiging lungsod ang Damasco; ito ay
magiging tambak ng mga guho. **2** Iiwanan ang mga lungsod
ng Aroer. Ito ay magiging mga lugar na hihigaan ng mga
kawan, at walang makakapanakot sa kanila. **3** Maglalaho
ang matitibay na lungsod mula sa Efraim, ang kaharian
mula sa Damasco, at ang mga nalabi ng Aram—magiging
gaya sila ng kaluwalhatian ng bayan ng Israel—ito ang
kapahayagan ni Yahweh ng mga hukbo. **4** Sa araw na iyon
ay manghihina ang kaluwalhatian ni Jacob, at papayat ang
katabaan ng kaniyang laman. **5** Ito ay magiging gaya ng
mga nag-aani kapag tinitipon nila ang mga butil, at inaani ng
kaniyang mga bisig ang mga ulo ng butil. Ito ay magiging
gaya ng mga namumulot ng butil sa lambak ng Refaim.
**6** Pero, ititigil ang pamumulot kapag nayanig ang puno
ng olibo: dalawa o tatlong olibo sa tuktok ng mataas na
bahagi ng sanga, apat o lima sa pinaka mataas na sanga
ng masagang puno—ito ang kapahayagan ni Yahweh, ang
Diyos ng Israel. **7** Sa araw na iyon ay titingin ang mga tao sa
kanilang Manlilikha, at titingin ang mga mata nila sa Banal
ng Israel. **8** Hindi sila titingin sa mga altar, ang ginawa ng
kanilang mga kamay, ni titingin sa mga nilikha ng kanilang
mga daliri, ang mga poste ni Asera o ang mga imahe ng
araw. **9** Sa araw na iyon, ang matitibay nilang lungsod
ay magiging gaya ng mga iniwan na kahoy na dalusdos
sa rurok ng mga burol, na pinabayaan dahil sa bayan ng
Israel at iyon ay magiging isang bayan na pinabayaan. **10**
Dahil kinalimutan ninyo ang Diyos ng inyong kaligtasan,
at iniwan ang bato ng inyong kalakasan. Kaya nagtatanim
kayo ng mga kaaya-ayang mga halaman, at naghahasik
ng kakaibang mga binhi **11** sa araw ng inyong pagtatanim,
pagbabakod ng halaman, at paglilinang. Balang araw ay
tutubo ang mga binhi ninyo, pero mabibigo ang pag-aani sa
araw ng kapighatian at labis na kalungkutan. **12** Kaawa-awa!
Ang paghihiyawan ng mga tao, ang pag-ugong gaya ng pag-
ugong ng mga dagat, at ang pagragasa ng mga bansa, gaya
ng rumaragasang malalakas na tubig! **13** Uugong ang mga
bansa gaya ng rumaragasang mga tubig, pero sasawayin
sila ng Diyos. Tatakbo sila palayo at hahabulin gaya ng mga
patay na damo sa bundok na nasa harap ng mga hangin,
at gaya ng mga damo na umiikot sa harap ng bagyo. **14**
Sa gabi, tingnan ninyo, ang lagim! At maglalaho sila bago
dumating ang umaga; ito ang bahagi ng mga nagnakaw sa
atin, ang kapalaran ng mga nanloob sa atin.

**18** Pighati sa lupain ng kumakaluskos na mga pakpak,
na nasa kabilang ibayo ng mga ilog ng Etiopia; **2**
ang nagpapadala ng mga kinatawan sa karagatan, sakay
ng mga bangkang gawa sa papirus sa katubigan. Kayong
mabibilis na mga mensahero, pumunta kayo sa bansa ng

matatangkad at makikinis, sa bansang kinakatakutan ng
mga malapit at malayo dito, isang bansang malakas at
manlulupig, na nagmamay-ari ng lupain kung saan hinahati
ang mga ilog! **3** Lahat kayong nananahan sa mundo at
lahat kayong namumuhay sa lupain, kapag may itinaas na
panghudyat sa mga kabundukan, tingnan ninyo; at kapag
hinipan ang trumpeta, pakinggan ninyo. **4** Ito ang sinabi
sa akin ni Yahweh, “Tahimik akong magmamasid mula sa
tahanan ko, gaya ng matinding init sa sikat ng araw, gaya
ng ulap ng hamog sa init ng pag-aani.” **5** Bago ang pag-
aani, kapag natapos na ang pagsisibol, at kapag ang mga
bulaklak ay nagiging ubas na, puputulin niya ang mga sanga
gamit ang pamutol na karit, at kaniyang puputulin at itatapon
ang mga kumakalat na mga sanga. **6** Iiwanan sila para
sa mga ibon ng kabundukan at para sa mga hayop ng
kalupaan. Magsisilbi silang pagkain para sa mga ibon sa
tag-araw, at sa mga hayop sa lupa sa panahon ng tag-lamig.
**7** Sa panahon na iyon, dadalhin kay Yahweh ng mga hukbo
ang mga parangal na mula sa mga taong matatangkad at
makikinis, mula sa mga taong kinakatakutan ng lahat, isang
bansang makapangyarihan at manlulupig, sa nagmamay-
ari ng lupaing humahati ng mga ilog, sa kinaroroonan ng
pangalan ni Yahweh ng mga hukbo, sa Bundok Sion.

**19** Isang kapahayagan tungkol sa Ehipto. Pagmasdan
ninyo, nakasakay si Yahweh sa mabilis na ulap at
paparating sa Ehipto; nayayanig ang mga diyos-diyosan ng
Ehipto sa kaniyang harapan, at natutunaw ang mga puso ng
mga taga-Ehipto. **2** “Paglalabanin ko ang mga taga-Ehipto
laban sa kapwa taga-Ehipto: lalabanan ng isang tao ang
kaniyang kapatid, at ang isang tao laban sa kaniyang kapwa;
ang lungsod ay lalaban sa lungsod, at kaharian laban sa
kaharian. **3** Mapanghihinaan ng loob ang Ehipto. Wawasakin
ko ang kaniyang payo sa kaniya, bagama't humingi sila ng
payo mula sa mga diyos-diyosan, mga espiritu ng patay,
manghuhula, at mga espirtista. **4** Ibibigay ko sa kamay ng
malupit na amo ang mga taga-Ehipto, at pamamahalaan
sila ng makapangyarihang hari—ito ang kapahayagan ng
Panginoon, Yahweh ng mga hukbo.” **5** Matutuyo ang tubig
ng karagatan, matutuyo ang ilog at mawawalan ng laman.
**6** Babaho ang mga ilog; mauubos ang agos ng mga ilog
ng Ehipto at matutuyo; malalanta ang mga tambo at mga
halaman. **7** Ang mga tambo sa pampang ng Nilo, sa may
bibig ng Nilo, at ang lahat ng bukirin na pinagtaniman sa Nilo
ay matutuyo, magiging alikabok, at tatangayin ng hangin.
**8** Magluluksa at iiyak ang mga mangingisda, ang lahat
ng naghagis ng mga pamingwit sa Nilo ay iiyak gaya ng
pagdadalamhati ng mga naghahagis ng kanilang lambat
sa mga tubig. **9** Mamumutla ang mga nagtatrabaho sa
sinuklay na hibla ng bulaklak pati ang mga naghahabi ng
puting tela. **10** Dudurugin ang mga gumagawa ng tela sa
Ehipto; magdadalamhati sa kanilang kalooban ang lahat
ng mga nagtatrabaho para kumita. **11** Ganap na hangal
ang mga prinsipe ng Soan. Naging walang kabuluhan ang
payo ng pinakamatalinong taga-payo ng Paraon. Paano mo
nasasabi sa Paraon, “Ako ang anak ng matatalinong tao,
isang anak ng sinaunang mga hari”? **12** Nasaan ngayon ang
matatalino mong mga tao? Hayaan mong sabihin nila sa iyo
at ipahayag kung ano ang mga plano ni Yahweh ng mga
hukbo tungkol sa Ehipto. **13** Naging hangal ang mga prinsipe
ng Soan, nalinlang ang mga prinsipe ng Memfis; niligaw nila
ang Ehipto, ang panulukang bato ng kaniyang mga tribo. **14**
Nilagay ni Yahweh sa kanilang kalagitnaan ang espiritu ng
kaguluhan, at niligaw nito ang Ehipto sa lahat ng kaniyang
ginagawa, gaya ng isang lasing na sumusuray-suray sa
kaniyang suka. **15** Walang sinuman ang may magagawa
para sa Ehipto, ulo man o buntot, sanga man ng palma o
tambo. **16** Sa panahon na iyon, ang mga taga-Ehipto ay
magiging tulad ng mga babae. Manginginig sila at matatakot
dahil sa nakataas na kamay ni Yahweh ng mga hukbo na
kaniyang itinataas sa kanila. **17** Ang kalupaan ng Juda ang
magiging sanhi ng pagkasuray ng Ehipto. Sa tuwing may
magpapaalala sa kanila ng tungkol sa kaniya, matatakot
sila, dahil sa mga plano na binabalak ni Yahweh laban sa
kanila. **18** Sa panahon na iyon, magkakaroon ng limang
mga lungsod sa lupain ng Ehipto na nagsasalita ng wika sa
Cana at manunumpa ng katapatan kay Yahweh ng mga
hukbo. Ang isa sa mga lungsod na iyon ay tatawaging Ang
Lungsod ng Araw. **19** Sa araw na iyon, magkakaroon ng
altar kay Yahweh sa gitna ng kalupaan ng Ehipto, at isang
batong haligi sa hangganan para kay Yahweh. **20** Ito ay
magiging tanda at patotoo kay Yahweh ng mga hukbo sa
kalupaan ng Ehipto. Kapag tumawag sila kay Yahweh dahil
sa mga nang-aapi sa kanila, magpapadala siya sa kanila ng
tagapagligtas at ng tagapagtanggol, at kaniyang ililigtas sila.
**21** Makikilala si Yahweh sa Ehipto, at sa araw na iyon ay
makikilala si Yahweh ng mga taga-Ehipto. Sasamba sila
nang may mga alay at mga handog, at manunumpa sila
kay Yahweh at kanilang tutuparin ito. **22** Pahihirapan ni
Yahweh ang Ehipto, pahihirapan niya at pagagalingin ito.
Babalik sila kay Yahweh; pakikinggan niya ang kanilang
mga panalangin at pagagalingin niya sila. **23** Sa araw na
iyon, magkakaroon ng malawak na daanan mula Ehipto
hanggang Asiria, at pupunta ang mga taga-Asiria sa Ehipto,
at ang mga taga-Ehipto sa Asiria; at sasamba ang mga taga-
Ehipto kasama ng mga taga-Asiria. **24** Sa panahon na iyon,
magiging pangatlo ang Israel kasama ng Ehipto at Asiria,
isang pagpapala sa gitna ng sanlibutan; **25** pagpapalain
sila ni Yahweh ng mga hukbo at sasabihin, “Pagpalain ang

Ehipto, ang aking bayan; ang Asiria, ang gawa ng aking
mga kamay; at ang Israel, ang aking mana.”

**20** Sa taon nang pumunta si Tartan sa Asdod, nang
pinadala siya ni Sargon ang hari ng Asiria, nilabanan
niya at sinakop ang Asdod. **2** Sa panahon na iyon, nagsalita
si Yahweh kay Isaias ang anak na lalaki ni Amoz at sinabing,
“Hubarin mo ang iyong sako sa iyong baywang, at tanggalin
mo ang iyong sandalyas”. Ginawa niya ito, naglalakad ng
hubad at nakayapak. **3** Sinabi ni Yahweh, “Gaya ng lingkod
kong si Isaias na naglakad ng hubad at nakayapak ng
tatlong taon, isa iyong palatandaan at pangitain tungkol
sa Ehipto at tungkol sa Etiopia— **4** sa ganitong paraan
dadalhin ng hari ng Asiria ang mga bihag ng Ehipto, ang
mga tapon ng Etiopia, bata at matanda, hubad at nakayapak,
at walang panakip sa pigi, sa kahihiyan ng Ehipto. **5** Sila ay
malulungkot at mapapahiya, dahil sa Etiopia na kanilang pag-
asa at dahil sa Ehipto na kanilang kaluwalhatian. **6** Sa araw
na iyon, sasabihin ng mga naninirahan sa mga pampang na
ito, 'Tunay nga, ito ang naging pinaggagalingan ng ating
mga pag-asa, kung saan tayo tumakbo para masagip mula
sa hari ng Asiria, pero ngayon, paano tayo makakatakas?'”

**21** Isang kapahayagan tungkol sa disyerto sa may dagat.
Gaya ng mga hanging bagyo na umiihip sa Negev
umiihip ito mula sa ilang, mula sa nakakatakot na lupain. **2**
Isang nakakabagabag na pangitain ang ipinakita sa akin:
nagtataksil ang taksil, at nagwawasak ang taga-wasak.
Umakyat kayo at lumusob, Elam; lupigin ninyo, Media;
ihihinto ko ang lahat ng kaniyang paghihinagpis. **3** Kaya
napupuno ng kirot ang aking laman; kirot na gaya ng kirot ng
babaeng nanganganak ang nanaig sa akin; napaluhod ako sa
aking narinig; nabagabag ako sa aking nakita. **4** Kumakabog
ang aking puso; nanaig sa akin ang panginginig; ang gabi
na aking ninanais ay naging panginginig para sa akin. **5**
Hinahanda nila ang hapag kainan, nilalatag nila ang sapin at
kumakain at umiinom; bumangon kayo, mga prinsipe, at
pahiran ninyo ng langis ang inyong mga kalasag. **6** Dahil ito
ang sinabi ng Panginoon sa akin, “Maglagay ka ng bantay sa
tore; dapat iulat niya ang kaniyang nakikita. **7** Kapag nakakita
siya ng karwahe, ng pares ng mangangabayo, ng mga
nakasakay sa asno, ng mga nakasakay sa kamelyo, dapat
siyang magbigay pansin at maging alerto.” **8** Sumisigaw
ang bantay ng tore, “Panginoon, nagbabantay ako sa tore
buong araw, bawat araw, at nakatayo ako sa aking himpilan
buong gabi.” **9** Paparating na ang mangangarwahe nang
may kasamang hukbo, mga pares ng mangangabayo.
Sumisigaw siya, “Bumagsak na, bumagsak na ang Babilonia,
at nawasak ang lahat ng rebulto ng mga diyus-diyosan na
sira sa lupa.” **10** Ang aking mga giniik at mga tinahip, mga
anak ko sa aking giikan! Ipinahayag ko sa inyo ang aking
narinig mula kay Yahweh ng mga hukbo, Diyos ng Israel. **11**
Isang kapahayagan tungkol sa Duma. Ang tumatawag sa
akin mula sa Seir, “Bantay, ano na lang ang natira sa gabi?
Bantay, ano na lang ang natira sa gabi?” **12** Sinabi ng bantay
ng tore, “Paparating na ang umaga, at gayun din ang gabi:
kung magtatanong ka, magtanong ka, at bumalik ka na lang
muli.” **13** Isang kapahayagan tungkol sa Arabia. Pinapalipas
ninyo ang gabi sa disyerto ng Arabia, kayong mga karawan
ng taga-Dedan. **14** Magdala ng tubig para sa mga nauuhaw;
mga naninirahan sa lupain ng Tema, salubungin nang may
dalang tinapay ang mga takas. **15** Dahil tumakas sila mula
sa espada, mula sa inilabas na espada, mula sa nakaumang
na pana, at mula sa bigat ng digmaan. **16** Dahil ito ang
sinabi ng Diyos sa akin, “Sa loob ng isang taon, gaya ng
makikita ng isang manggagawa, lahat ng kaluwalhatian ng
Kedar ay magwawakas. **17** Ilan lang sa mga mamamana, sa
mga mandirigma ng Kedar ang matitira, dahil nagsalita na si
Yahweh, ang Diyos ng Israel.”

**22** Isang kapahayagan tungkol sa lambak ng pangitain:
Ano ang dahilan ng pagakyat ninyong lahat sa mga
bubungan? **2** Isang maingay na lungsod, isang bayan na
puno ng katuwaan; hindi napatay ng espada ang inyong mga
patay, at hindi sila namatay sa labanan. **3** Sama-samang
tumakas ang lahat ng inyong mga pinuno, pero nahuli sila
nang walang dalang mga pana, nahuli silang lahat at sama
samang nabihag; tumakas sila papunta sa malalayong lugar.
**4** Kaya sinabi ko, “Huwag ninyo akong tingnan, mapait
akong hahagulgol; huwag niyo akong subukang aliwin dahil
sa pagkawasak ng anak na babae ng aking bayan.” **5**
Dahil ang Panginoon, ang Diyos ng mga hukbo ay may
araw ng kaguluhan, pagwasak, at kalituhan. At sa lambak
ng pangitain, magkakaroon ng pagkagiba ng mga pader,
at pagtawag ng mga tao mula sa mga kabundukan. **6**
Dinala ng Elam ang lalagyan ng palaso, kasama ang mga
karwahe ng mga lalake at mangangabayo, at hinahanda
ng Kir ang kalasag. **7** Mapupuno ng karwahe ang inyong
mabubuting lambak, at magbabantay sa tarangkahan ang
mga mangangabayo. **8** Tinanggal niya ang proteksiyon ng
Juda; at sa panahon na iyon ay tumingin kayo sa mga
sandata ng Palasyo ng Gubat. **9** Nakita niyo ang mga butas
ng lungsod ni David, na napakarami ng mga ito, at nag
imbak kayo ng tubig mula sa ibabang tubigan. **10** Binilang
ninyo ang mga tahanan ng Jerusalem, giniba ninyo ang
mga bahay para patibayin ang pader. **11** Gumawa kayo ng
imbakan ng tubig sa pagitan ng dalawang pader para sa
tubig ng lumang tubigan. Pero hindi ninyo isinaalang-alang
ang manlilikha ng lungsod, ang nagplano nito noon pa. **12**
Ang Panginoon, si Yahweh ng mga hukbo sa ay tumawag sa

panahong iyon para sa pagtatangis, pananaghoy, pag-aahit
ng buhok sa ulo, at pagsusuot ng sako. 13 Pero tingnan
ninyo, sa halip na magdiwang at magalak, magkatay ng
baka at magpakatay ng tupa, kumain ng karne at uminom ng
alak; tayo ay kumain at uminon, dahil bukas ay mamamatay
na tayo. 14 Ipinahayag ito ni Yahweh ng mga hukbo sa
aking pandinig: "Tiyak na hindi patatawarin ang inyong mga
kasalanan na ito, kahit na mamatay na kayo" iyon ang
sinasabi ng Panginoon, Yahweh ng mga hukbo. 15 Sinasabi
ito ng Panginoon, Yahweh ng mga hukbo, "Pumunta ka
sa tagapamahala, kay Shebna, na siyang namamahala sa
tahanan na iyon, at sabihin mo, 16 'Ano ang pagmamay-ari
mo dito, sino ka, na naghukay ka ng libingan? Naghukay
ng libingan sa kaitaasan, umukit sa bato ng sarili mong
libingan!'" 17 Tingnan mo, malapit ka nang itapon ni Yahweh,
ikaw na makapangyarihan, malapit ka na niyang itapon;
hahawakan ka niya ng mahigpit. 18 Tiyak na paiikot-ikutin
ka niya, at itatapon ka sa malayong bansa gaya ng bola.
Mamamatay ka roon, at papupunta doon ang dakila mong
mga karwahe; magiging kahihiyan ka ng tahanan ng iyong
amo! 19 "Aalisin kita mula sa iyong tungkulin at mula sa
iyong himpilan. Mahihila ka pababa. 20 Sa panahon na iyon,
tatawagin ko ang aking lingkod na si Eliakim ang anak na
lalaki ni Hilkias. 21 Idadamit ko sa kaniya ang iyong tunika at
ilalagay ko sa kaniya ang iyong bigkis, at ililipat ko ang iyong
kapangyarihan sa kaniyang kamay. Siya ang magiging ama
ng mga naninirahan sa Jerusalem at sa tahanan ng Juda. 22
Ilalagay ko sa kaniyang balikat ang susi ng tahanan ni David;
bubuksan niya, at walang sinuman ang makapagsasara;
isasara niya, at walang sinuman ang makapagbubukas.
23 Patatatagin ko siya gaya ng isang pako na nakabaon
ng maigi, at siya ay magiging trono ng kaluwalhatian sa
tahanan ng kaniyang ama. 24 Ilalagay nila sa kaniya ang
lahat ng kaluwalhatian ng tahanan ng kaniyang ama, ang
anak at mga kaapu-apuhan, bawat maliliit na sisidlan mula
sa mga kopa papunta sa lahat ng mga tapayan. 25 Sa
panahon na iyon—ito ang kapahayagan ni Yahweh ng mga
hukbo—bibigay ang pakong kahoy na nakabaon, mababali,
at malalaglag, at mapuputol ang pabigat na nakalagay
dito—dahil nagsalita na si Yahweh.

**23** Isang pahayag tungkol sa Tiro: Umungol kayo, kayong
mga barko ng Tarsis; dahil wala na kayong tahanan ni
daungan; naihayag ito sa kanila mula sa lupain ng Kittim. 2
Mamangha, kayong mga naninirahan sa baybayin, kayong
mangangalakal ng Sidon, na naglalayag sa karagatan,
na ang mga kinatawan ang nagtutustos sa inyo. 3 At
sa malawak na katubigan ang butil ng rehiyon ng Sihor,
ang ani ng Nilo ay dinala sa Tiro; siya ang pamilihang
lugar ng mga bansa. 4 Mahiya kayo lupain ng Sidon;
dahil nagsalita na ang dagat, ang isang makapangyarihang
dagat. Sinasabi niya, "hindi ako naghirap o nanganak,
ni nag-alaga ng mga batang lalaki o nagpalaki ng mga
batang babae." 5 Kapag dumating ang balita sa Ehipto,
magdadalamhati sila tungkol sa Tiro. 6 Tumawid kayo sa
Tarsis; manangis, kayong mga naninirahan sa baybayin.
7 Nangyari ba ito sa inyo, ang masayahing lungsod, na
nagmula sa sinaunang panahon, na dinala siya ng kaniyang
mga paa sa napakalayong dayuhan lugar para manirahan?
8 Sino ang nagplano nito laban sa Tiro? ang tagapagbigay
ng mga korona, na ang mga negosyante ay mga prinsipe,
na ang mga mangangalakal ay silang may karangalan sa
lupa? 9 Si Yahweh ng mga hukbo ang nagplano nito para
ilagay sa kahihiyan ang kaniyang pagmamataas at lahat ng
kaniyang kaluwalhatian, para ipahiya ang lahat ng kaniyang
pinarangalan sa lupa. 10 Araruhin ninyo ang inyong lupain,
gaya ng nag-araro ng Nilo, anak na babae ng Tarsis. Wala
nang pamilihan sa Tiro. 11 Inabot ni Yahweh ang kaniyang
kamay sa karagatan, at niyanig ang mga kaharian; nagbigay
siya ng utos ukol sa Ponecia, para sirain ang matibay
na kutang tanggulan. 12 Sinabi niya, "Hindi ka na muling
makapagdiriwang, pinahirapang birheng dalagang anak ng
Sidon; bumangon ka, dumaan ka sa Sayprus; pero kahit
doon ay wala kang kapahingahan." 13 Tingnan mo ang
lupain ng mga Caldea. Wala na ang mga tao nito; ginawa
itong ilang ng mga taga-Asirya para sa mga mababangis na
hayop. Inilagay nila ang kanilang mga toreng taguan. Sinira
nila ang mga palasyo nito; Ginawa nila itong tambakan ng
mga guho. 14 Umungol kayo, kayong mga barko ng Tarsis;
dahil nasira na ang inyong kanlungan. 15 Sa araw na iyon,
makakalimutan ang Tiro nang pitumpung taon, tulad ng mga
araw ng isang hari. Pagkatapos ng pitumpung taon may
isang bagay na mangyayari sa Tiro tulad ng awit ng babaeng
bayaran. 16 Kumuha ka ng alpa, pumunta sa lungsod, ikaw
na kinalimutang taong bayaran; tugtugin mo ito ng mabuti, at
umawit ng maraming mga awit, para ikaw ay maalaala. 17
Darating ito pagkatapos ng pitumpung taon, si Yahweh ang
tutulong sa Tiro, at babalik siya sa kaniyang pagpapaupa.
Ipagbibili niya ang kaniyang sarili sa lahat ng kaharian sa
lahat ng sulok ng mundo. 18 "Lahat ng kaniyang mga tinubo
at mga kinita ay ilalaan kay Yahweh. Hindi maiimbak ang
mga ito o maitatabi. Ang mga nananahan sa presensya ni
Yahweh— ang kaniyang paninda ay magiging pagkain sa
kanila at para magkaroon ng pangmatagalang kasuotan.

**24** Masdan, malapit nang ubusin ni Yahweh ang laman
ng mundo, para sirain ito, dungisan ang ibabaw nito, at
ikalat ang mga naninirahan dito. 2 Mangyayari ito, sa mga
tao, ganun din sa mga pari; sa mga lingkod, ganun din sa
kaniyang amo; sa mga katulong na babae, ganun din sa

kaniyang among babae; sa mga mamimimili, ganun din sa
nagbebenta; sa mga pinagkakautangan, ganun din sa mga
nangungutang; sa mga tumatanggap ng tubo, ganun din
sa mga tagapagbigay ng tubo. 3 Ganap na masisira ang
mundo at ganap na huhubaran; dahil sinabi na ni Yahweh
ang salitang ito. 4 Manunuyo at malalanta ang mundo,
mabubulok at maglalaho ang mundo, mabubulok ang mga
kilalang tao sa lupa. 5 Ang mundo ay narumihan dahil
sinuway ng mga naninirahan dito ang mga batas, nilabag
ang mga kautusan, at winasak ang walang hanggang tipan.
6 Kaya nilamon ng sumpa ang mundo, at napatunayan
na ang naninirahan dito ay maysala. Sinunog ang mga
naninirahan sa mundo, at kaunting tao lang ang natira.
7 Natuyo ang bagong alak, nabulok ang ubasan, lahat
ng masasayang puso ay naghihinagpis. 8 Huminto ang
masayang tunog ng mga tamburin, at ang maingay at
magulong pagsasaya ng mga nagdidiwang; ang kagalakan
ng mga lira ay naglalaho. 9 Hindi na sila umiinom ng alak at
nag-aawitan, at mapait ang alak sa mga umiinom nito. 10
Bumagsak ang lungsod ng kaguluhan; sarado at walang
laman ang bawat bahay. 11 Sa bawat lansangan ay may
umiiyak dahil sa alak; nagdilim ang lahat ng kagalakan, ang
kasiyahan sa lupa ay naglaho. 12 Isang lagim na lungsod
ang naiwan, at ang tarangkahan ay basag sa pagkawasak.
13 Dahil ito ang mangyayari sa buong mundo sa kalagitnaan
ng mga bansa, gaya ng pagpalo sa puno ng olibo, gaya ng
pamumulot ng mga natira nang matapos ang pag-ani ng
ubas. 14 Ilalakas nila ang kanilang mga boses at isisigaw
ang kapurihan ni Yahweh, at magagalak silang sisigaw mula
sa dagat. 15 Kaya sa silangan luluwalhatiin si Yahweh, at sa
maliliit na mga pulo ng dagat magbigay ng kaluwalhatian
sa pangalan ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. 16 Mula sa
pinakamalayong bahagi ng mundo aming narinig ang mga
awit, "Kaluwalhatian sa matuwid!" Pero sinabi ko, "Sinayang
ko lang, sinayang ko lang, kasawian ay sa akin! Ang taksil
ay gumagawa ng pagtataksil; oo, ang taksil ay gumagawa
ng matinding pagtataksil." 17 Matinding takot, ang hukay, at
ang patibong ang sasainyo, mga naninirahan sa mundo. 18
Siyang tumakas mula sa tunog ng takot ang mahuhulog
sa hukay, at siyang umahon sa kalagitnaan ng hukay ay
mahuhuhli sa silo. Magbubukas ang bintana ng kalangitan,
at ang pundasyon ng mundo ay mayayanig. 19 Ang mundo
ay ganap na masisira. ang mundo ay mahahati sa gitna;
ang mundo ay marahas na mayayanig. 20 Ang mundo
ay magsusuray-suray tulad ng isang lasing na lalaki at
gumigiwang-giwang at pabalik-ballik tulad ng isang duyan.
Ang kasalanan nito ay magiging mabigat dito, at babagsak
ito at hindi na muling babangon. 21 Darating ang araw na
paparusahan ni Yahweh ang hukbo na dakila sa kataas-
taasan, at mga hari ng mundo sa lupa. 22 Sila ay sama-
samang titipunin, mga bilanggo sa hukay, at ikukulong sa
isang bilangguan; at pagkatapos ng maraming araw sila ay
hahatulan. 23 At ang buwan ay mahihiya, at ang araw ay
mapapahiya, dahil si Yahweh ng mga hukbo ay maghahari
sa Bundok Sion at sa Jerusalem, at sa harap ng kaniyang
nakatatanda sa kaluwalhatian.

**25** Yahweh, ikaw ang aking Diyos; dadakilain kita,
pupurihin ko ang pangalan mo; dahil gumawa ka ng
mga kahanga-hangang bagay, mga bagay na matagal mo
nang binalak, sa ganap na katapatan. 2 Dahil ginawa mong
isang tambakan ang lungsod, isang pinatibay na lungsod,
isang guho at ang isang tanggulan ng mga dayuhan na
maging walang lungsod. 3 Kaya ang malalakas na tao ay
luluwalhatiin ka; matatakot ang lungsod ng mga walang-
awang bansa. 4 Dahil ikaw ay proteksyon sa mahirap,
isang tagabantay para sa mga nangangailangan na nasa
pagkabalisa, isang silungan mula sa bagyo, isang lilim mula
sa init, kapag ang ihip ng isang walang awa ay tulad ng
isang bagyo na laban sa pader. 5 Gaya ng init sa tagtuyo,
patatahimikin mo ang ingay ng mga dayuhan; gaya ng init
sa lilim ng ulap, ang awit ng walang-awa ay ibababa. 6
Sa bundok na ito maghahanda si Yahweh ng mga hukbo
para sa lahat ng mga tao ng isang pista ng matatabang
bagay, ng mga piling alak, ng malalambot na karne, isang
pista ng mga pinakamainam na alak. 7 Sisirain niya sa
bundok na ito ang tumatakip sa lahat ng mamayan, ang
bahay na hinabi sa lahat ng mga bansa. 8 Lulunukin niya
ang kamatayan habang buhay, at ang Panginoong Yahweh
ay pupunasan ang mga luha mula sa lahat ng mga mukha;
ang mga kahihiyan ng kaniyang bayan ay aalisin niya sa
mundo, dahil sinabi na ito ni Yahweh. 9 Sasabihin ito sa
araw na iyon. Masdan, ito ang ating Diyos, hinintay natin
siya at ililigtas niya tayo. Ito si Yahweh; Naghintay tayo para
sa kaniya, magagalak tayo at magdidiwang sa kaniyang
kaligtasan." 10 Dahil dito sa bundok na ito mamamalagi
ang kamay ni Yahweh; at tatapakan ang Moab sa kaniyang
lugar, kahit na ang dayami na yinapakan sa isang pataba na
puno ng dumi. 11 Iuunat nila ang kanilang mga kamay sa
gitna nito; gaya ng manlalangoy na inuunat ang kaniyang
kamay para lumangoy; pero ibababa ni Yahweh ang kanilang
kayabangan kahit na nagpupumiglas ang kanilang mga
kamay. 12 Ang iyong mataas na kuta ng pader ay ibaba niya
sa lupa, sa alikabok.

**26** Sa araw na iyon ang awit na ito ay aawitin sa lupain
ng Juda: Mayroon tayong malakas na lungsod; ginawa
ng Diyos ang kaligtasan nitong mga pader at mga kuta. 2
Buksan ang mga tarangkahan, para ang matuwid na bansa

na nananatiling tapat na nananampalataya ay maaring
makapasok. 3 Nanatili sa iyo ang kaisipan, pananatalihin
mo siya sa ganap na kapayapaan, dahil nagtitiwala siya sa
iyo. 4 Magtiwala kay Yahweh magpakailanman; dahil kay
Yah, Yahweh, ay ang walang hanggang tanggulan. 5 Dahil
ibabagsak niya ang mga namumuhay ng mapagmataas;
ang matibay na lungsod ay ibaba niya, kaniyang ibababa
sa lupa; ipapantay niya ito sa alikabok. 6 Tatapakan
ito sa pamamagitan ng mga paa ng mahirap at ang
pagtutungtungan ng nangangailangan. 7 Ang daan ng
matuwid ay patag, Siyang Matuwid; ginawa mong tuwid
ang daan ng mga matuwid. 8 Oo, sa paraan ng iyong
paghuhukom, Yahweh, kami ay maghihintay para sa iyo;
ang iyong pangalan at iyong reputasyon ay aming ninanais.
9 Nananabik ako sa iyo sa gabi; oo, ang espiritu sa
aking kalooban ay masigasig kang hinahanap. Dahil kapag
dumating ang iyong paghuhukom, ang mga naninirahan sa
mundo ay malalaman ang tungkol sa katuwiran. 10 Hayaang
makita ng masama ang iyong kabutihan, pero hindi niya
matututunan ang katuwiran. Sa lupain ng katapatan siya ay
gumagawa ng kasamaan at hindi nakikita ang kadakilaan ni
Yahweh. 11 Yahweh, nakataas ang iyong kamay, pero hindi
nila ito napapansin. Pero makikita nila ang iyon kasigasigan
para sa mga tao at sila ay mapapahiya, dahil ang apoy ng
iyong mga kaaway ay lalamunin sila. 12 Yahweh, ikaw ay
magbibigay ng kapayaan para sa amin, dahil tunay nga,
tinapos mo na ang lahat ng aming mga gawain para sa amin.
13 Yahweh aming Diyos, ang ibang mga pinuno maliban
sa iyo ay namuno sa amin, pero pangalan mo lamang ang
aming pinupuri. 14 Sila ay patay, hindi na sila mabubuhay;
pumanaw na sila, hindi na sila muling babangon. Tunay nga,
na dumating ka sa paghuhukom at winasak sila, at pinatay
ang bawat alaala nila. 15 Pinaunlad mo ang bansa, Yahweh,
pinaunlad mo ang bansa; pinarangalan ka; pinalawak mo
ang mga hangganang ng lupain. 16 Yahweh, sa kanilang
kaguluhan tumingin sila sa iyo; nagsabi rin sila ng mga
bulong laban sa masama nang ang iyong pagtutuwid ay
nasa kanila. 17 Tulad ng isang babaeng buntis na malapit na
ang oras ng panganganak, siya ay nasa kirot at sumisigaw
sa sakit ng panganganak; kaya kami ay nasa harapan mo,
Panginoon. 18 Nakapagdalang-tao na kami, Nakapaghilab
na kami sa panganganak, pero para bang kami ay nanganak
lang ng hangin. Hindi namin nadala sa mundo ang kaligtasan,
at ang mga naninirahan sa mundo ay hindi bumagsak. 19
Ang iyong patay ay mabubuhay; ang aming mga patay
na katawan ay babangon. Ang mga namalagi sa alikabok;
gising na at umawit ng may galak dahil ang iyong hamog ay
hamog ng halamang damo, at ang mundo ay ibababagsak
ang patay, ang mga sisilain. 20 Aking bayan, pumasok sa
inyong mga silid at isara ang pinto; panandaliang magtago,
hanggang ang galit ay lumipas na. 21 Tingnan ninyo, dahil,
si Yahweh ay parating na mula sa kaniyang lugar para
parusahan ang mga naninirahan sa mundo dahil sa kanilang
kasalanan; ihahayag ng mundo ang pagdanak ng kaniyang
dugo, at hindi na itatago ang kaniyang patay.

**27** Sa araw na iyon si Yahweh at ang kaniyang matigas,
malaki at mabalasik na espada ay parurusahan
ang Leviatan, ang madulas na ahas, ang Leviatan na
namamaluktot na ahas, at papatayin niya ang halimaw na
nasa dagat. 2 Sa araw na iyon: Isang ubasan ng alak, aawit
nito. 3 "Ako si Yahweh, ang tagapag-ingat nito; dinidiligan ko
ito bawat sandali; para walang manakit dito, binabantayan
ko ito sa gabi at araw. 4 Hindi ako galit, dahil mayroon mga
dawag at tinik! Sa digmaan nagmamartsa ako laban sa
kanila; susunugin ko silang lahat ng magkakasama; 5 kung
hahawakan nila ng maiigi ang aking pag-iingat at makipag
kasundo sa akin; hayaan silang makipag kasundo sa akin.
6 Sa darating na araw, lalalim ang ugat ni Jacob; at ang
Israel ay mamumulaklak at uusbong; at pupunuin nila ng
bunga ang ibabaw ng lupa." 7 Nilusob ba ni Yahweh si
Jacob at Israel gaya ng pagsugod niya sa mga bansa?
Si Jacob ba at Israel ay pinatay gaya ng pagpatay sa
bayan na kanilang pinatay? 8 Sa wastong panukat ikaw
ay nakipaglaban, itinaboy si Jacob at ang Israel palayo;
hinayaan mo silang matangay palayo sa pamamagitan ng
iyong matinding hangin, sa araw ng hanging silanganan. 9
Sa ganitong paraan, ang matinding kasalanan ni Jacob ay
mapapawalang sala, dahil ito ang magiging buong bunga sa
pagtalikod niya sa kaniyang kasalanan: Gagawin niyang tisa
at ginawang pulbos ang lahat ng altar na bato at walang
mga poste ni Asera o mga altar ng insenso ang mananatiling
nakatayo. 10 Dahil winasak ang matibay na lungsod, ang
tahanan ay iniwanan at pinabayaan tulad ng ilang. Doon
isang guya ang nanginginain, at doon siya nagpahinga at
kinain ang mga sanga nito. 11 Kapag nalanta ang mga
sanga, sila ay puputulin. Dadating ang mga babae at gagawa
ng apoy sa pamamagitan ng mga ito, dahil ang mga ito ay
mga taong walang pang-unawa. Sa gayon ang kanilang
manlilikha ay hindi mahahabag sa kanila, at siyang gumawa
sa kanila ay hindi maaawa sa kanila. 12 Mangyayari sa araw
na iyon na ihihiwalay ni Yahweh ang dumadaloy na agos ng
Ilog ng Eufrates, hanggang sa batis ng Ehipto, at isa-isa
kayong titipunin, bayan ng Israel. 13 Sa araw na iyon hihipan
ang malaking trumpeta; at ang mga nawasak mula sa lupain
ng Asirya ay dadating, at ang mga itinakwil sa lupain ng
Ehipto, sila ay sasamba kay Yahweh sa banal na bundok ng
Jerusalem.

28 Kaawaan ang ipinagyayabang na kwintas na bulaklak
ng mga lasenggo ng Efraim at sa kumukupas na
bulaklak ng kanyang maluwalhating kagandahan, na nasa
tuktok ng masaganang lambak ng mga lango sa alak! 2
Masdan ninyo, may isang makapangyarihan at malakas
na tao mula sa Panginoon; gaya ng isang ulan ng yelo,
isang namiminsalang bagyo, gaya ng isang laganap na
napakalakas na ulan. Papaluin niya ang daigdig ng kanyang
kamay. 3 Ang ipinagmamayabang na kwintas na bulaklak ng
mga lasenggo ng Efraim ay tatapakan. 4 Ang kumukupas
na bulaklak ng kanyang maluwalhating kagandahan, na
nasa tuktok ng mayamang lambak, ay magiging gaya ng
unang hinog na igos bago magtag-araw, na kapag nakita ito
ng isang tao, habang ito ay nasa kamay pa lamang niya,
nilulunok na niya ito. 5 Sa araw na iyon si Yahweh na pinuno
ng mga hukbo ng mga anghel ay magiging isang magandang
korona at isang putong ng kagandahan para sa mga natitira
pa sa kanyang bayan, 6 isang espiritu ng katarungan para
sa kanya na nakaupo sa paghuhukom, at lakas para sa mga
nagpapaatras sa kanilang mga kaaway sa kanilang mga
tarangkahan. 7 Pero kahit na ang mga ito ay humahapay-
hapay sa alak, at nagpapasuray-suray sa inuming matapang.
Ang pari at ang propeta ay humahapay-hapay sa malakas
na alak, at nalululon sila ng alak. Nagpapasuray-suray
sila sa malakas na alak, nagsusuray-suray sa pangitain at
humahapay-hapay sa pagpasya. 8 Tunay nga, lahat ng
mesa ay natatakpan ng suka, kung kaya't walang malinis
na lugar. 9 Kanino niya ituturo ang kaalaman, at kanino
niya ipapaliwanag ang mensahe? Sa mga naawat na sa
pagsuso sa ina o sa mga kakaawat pa lamang mula sa mga
dibdib? 10 Sapagkat ito ay utos pagkaraan ng utos, utos
pagkaraan ng utos; panuntunan pagkaraan ng panuntunan,
panuntunan pagkaraan ng panuntunan; kaunti dito, kaunti
doon. 11 Tunay nga, gamit ang mapanuyang mga labi at
isang banyagang dila, magsasalita siya sa bayang ito. 12
Sa nakalipas sinabi niya sa kanila "Ito ang kapahingahan,
bigyan ng kapahingahan ang siyang napapagod; at ito ang
pagpapanariwa," pero ayaw nilang makinig. 13 Kaya ang
salita ni Yahweh ay mapapasakanila, utos pagkaraan ng
utos; panuntunan pagkaraan ng panuntunan, panuntunan
pagkaraan ng panuntunan; kaunti dito, kaunti doon; nang sa
gayon sumulong sila at mabuwal, at masaktan, mahulog
sa bitag at mabihag. 14 Kaya makinig sa salita ni Yahweh,
kayo na nangungutya, na namamahala sa bayang ito
sa Jerusalem. 15 Sinabi ninyo, "Nakipagtipan kami sa
kamatayan; nakipagkasundo kami sa Sheol. Kaya kapag
dumaan ang umaapaw na paghatol, hindi nito kami
aabutan, sapagkat ginawa naming kanlungan ang isang
kasinungalingan, at sa kabulaanan kami ay nagtago."
(Sheol h7585) 16 Kaya sinasabi ni Yahweh, "Tingnan ninyo:
Maglalagay ako ng isang pundasyong bato sa Sion, isang
subok na bato, isang tanging panulukang bato, isang tiyak
na pundasyon. Siya na naniniwala ay hindi mapapahiya. 17
Gagawin kong panukat na kahoy ang katarungan, at panukat
na hulog ang katuwiran. Tatangayin ng ulan na yelo ang
tanggulan ng mga kasinungalingan, at tatabunan ng mga
tubig baha ang taguan. 18 Mawawalang bisa ang inyong
tipan sa kamatayan, at ang kasunduan ninyo sa Sheol ay
hindi magkakabisa. Kapag dumaan ang rumaragasang baha,
tatabunan kayo nito. (Sheol h7585) 19 Tuwing dumadaan ito,
aanurin kayo nito, at tuwing umaga dadaan ito at sa araw at
sa gabi ay darating ito. Kapag naunawaan ang mensahe, ito
ay magdudulot ng matinding takot. 20 "Dahil napakaikli ng
kama para makapag-unat ang isang tao, at napakakitid ng
kumot para talukbungan niya ang kanyang sarili." 21 Aakyat
si Yahweh tulad ng sa Bundok ng Perazim; gigisingin niya
ang kanyang sarili tulad ng sa lambak ng Gideon para gawin
ang kanyang gawain, ang kanyang kakaibang trabaho,
at isakatuparan ang kanyang kakaibang gawa. 22 Kaya
ngayon huwag kayong mang-inis o ang mga gapos ninyo
ay hihigpitan. Nakarinig ako mula sa Panginoon, Yahweh
na pinuno ng mga hukbo ng mga anghel, isang kautusan
ng pagkawasak sa daigdig. 23 Bigyan ninyo ng pansin at
makinig sa aking tinig; bigyan ninyo ng masusing pansin
at makinig sa aking mga salita. 24 Ang magsasaka ba na
buong araw nag-aararo para maghasik, ay nag-aararo lang
ng lupa? Patuloy ba niyang binubungkal at sinusuyod ang
bukid? 25 Kapag naihanda na niya ang lupa, hindi ba niya
ikinakalat ang buto ng anis, inihahasik ang linga, inilalagay
ang trigo sa mga hanay at ang sebada sa tamang lugar,
at ang espelta sa mga gilid nito? 26 Tinatagubilinan siya
ng Diyos; tinuturuan niya siya nang may karunungan. 27
Higit pa rito, ang linga ay hindi ginigiik gamit ang isang
paragos, ni pinapagulungan ang linga ng gulong ruweda ng
karitela; pero ang anis ay binabayo ng isang kahoy, at ang
linga ng isang pamalo. 28 Ang butil ay ginigiling para sa
tinapay pero hindi napakapino, at kahit na ikinakalat ito ng
mga gulong ng kanyang karitela at ng kanyang mga kabayo,
hindi ito dinudurog ng kanyang mga kabayo. 29 Ito rin ay
nanggagaling mula kay Yahweh na pinuno ng mga hukbo ng
mga anghel, na kahanga-hanga sa pagpapayo at mahusay
sa karunungan.

29 Kaawa-awa kay Ariel, Ariel, ang lungsod na
pinagkampohan ni David! Magdagdag ng taon sa taon;
hayaang dumating ang mga pista. 2 Pero sasalakayin ko
ang Ariel, at siya ay magluluksa at mananaghoy; siya ay
magiging tulad ng Ariel sa akin. 3 Magkakampo ako laban
sa inyo sa paligid ninyo at lulusob laban sa inyo gamit ang

isang tulos, at magtatatag ng mga armas pagkubkob laban
sa inyo. 4 Ibabagsak kayo at magsasalita kayo mula sa lupa;
ang pananalita ninyo ay magiging mababa mula sa alabok.
Ang tinig ninyo ay magiging tulad ng isang multo mula sa
lupa, at ang pananalita ninyo ay magiging napakahina mula
sa alabok. 5 Ang kawan ng mga sumasalakay sa inyo ay
magiging tulad ng maliliit na alikabok at ang maraming mga
malulupit tulad ng ipa na naglalaho. Mangyayari ito nang
biglaan, sa isang saglit. 6 Paparusahan kayo ni Yahweh
na pinuno ng mga hukbo ng mga anghel na may kulog,
lindol, malakas na ingay, ng malalakas na mga hangin at
matinding bagyo, at mga liyab ng isang lumalamong apoy. 7
Ito ay magiging tulad ng isang panaginip, isang pangitain ng
gabi: Lalabanan si Ariel at ang kanyang kutang tanggulan
ng isang kawan ng lahat ng mga bansa. Sasalakayin siya
at ang kanyang mga tanggulan para siluhin siya. 8 Ito ay
tulad ng isang nagugutom na tao na nananaginip na siya ay
kumakain, pero nang siya ay gumising, walang laman ang
kanyang tiyan. Ito ay tulad ng nananaginip na uhaw na tao
na umiinom, pero nang siya ay gumising, siya ay nahihilo,
dahil ang kanyang pagka-uhaw ay hindi mapawi. Oo, ganoon
ang mangyayari sa kawan ng mga bansa na lumalaban sa
Bundok ng Sion. 9 Pahangain ninyo ang inyong mga sarili
at mamangha; bulagin ninyo ang inyong sarili at mabulag!
Malasing kayo, pero hindi sa alak; magsuray-suray kayo,
pero hindi sa serbesa. 10 Dahil ibinuhos sa inyo ni Yahweh
ang espiritu ng mahimbing na tulog. Isinara niya ang inyong
mga mata, mga propeta, at tinakpan ang inyong mga ulo,
mga manghuhula. 11 Ang lahat ng mga paghahayag ay
naging sa inyo tulad ng mga salita sa isang aklat na selyado,
na maaaring ibigay ng mga tao sa isang may pinag-aralan,
na sinasabing “Basahin mo ito”. Sinasabi rin niya, “Hindi
maaari, dahil ito ay selyado.” 12 Kung ang aklat na ito ay
ibinigay sa isa na hindi makabasa, na sinasabing. “Basahin
mo ito”, sinasabi niya, “hindi ako makabasa”. 13 Sinabi ng
Panginoon, “Ang bayang ito ay lumalapit sa akin gamit ang
kanilang bibig at pinararangalan ako gamit ang kanilang
mga labi, pero malayo ang kanilang puso sa akin. Ang
pagpaparangal nila sa akin ay isang kautusan na itinuro ng
mga tao. 14 Kaya nga, tingnan ninyo, magpapatuloy akong
gumawa ng kamangha-manghang bagay sa mga taong ito,
kababalaghan kasunod ng isa pang kababalaghan. Ang
karunungan ng kanilang matatalinong tao ay mawawala, at
ang pang-unawa ng kanilang mga nakakaunawang mga tao
ay maglalaho.” 15 Kaawa-awa ang mga lubos na itinatago
ang kanilang mga plano mula kay Yahweh, at na ang
kanilang mga gawa ay nasa kadiliman. Sinasabi nila, “Sino
ang nakakakita sa atin, at sino ang nakakakilala sa atin?
16 Ibinabaligtad ninyo ang mga bagay! Dapat bang ituring
ang magpapalayok na tulad ng luwad, para sabihin na
ang bagay na ginawa niya ay tungkol sa kanya na siyang
gumawa nito, “Hindi niya ako ginawa,” o ang bagay na
hinubog ay sasabihin sa kanyang manghuhubog, “Hindi niya
nauunawaan?” 17 Hindi magtatagal, magiging isang bukid
ang Lebanon, at ang bukid ay magiging isang gubat. 18 Sa
araw na iyon, maririnig ng bingi ang mga salita ng aklat, at
ang mga mata ng bulag ay makakakita mula sa malalim na
kadiliman. 19 Muling magagalak kay Yahweh ang mga api,
at magagalak sa Ang Banal ng Israel ang mga mahihirap. 20
Mawawala na ang malupit, at maglalaho ang mapangutya.
Aalisin ang lahat ng mga mahilig gumawa ng kasamaan, 21
na sa pamamagitan ng isang salita ay pinapalabas na may
sala ang isang tao. Naglalatag sila ng isang silo para sa
kanya na naghahanap ng katarungan sa tarangkahan at
ibinababa ang matuwid sa pamamagitan ng walang laman
na mga kasinungalingan. 22 Kaya nga ito ang sinasabi ni
Yahweh tungkol sa sambahayan ni Jacob — si Yahweh,
na tumubos kay Abraham, “Hindi na mapapahiya si Jacob,
ni mamumutla ang kanyang mukha. 23 Pero kapag nakita
niya ang kanyang mga anak, na gawa ng aking mga kamay,
gagawin nilang banal ang aking pangalan. Gagawin nilang
banal ang pangalan ng Banal ni Jacob at hahanga sila sa
Diyos ng Israel. 24 Ang mga nagkamali sa kanilang iniisip
ay magkakaroon ng pang-unawa, ang mga mareklamo ay
matututo ng kaalaman. “

**30** “Kaawa-awa ang mga suwail na anak,” ito ang pahayag
ni Yahweh. “Gumagawa sila ng mga plano, pero hindi
mula sa akin; gumagawa sila ng mga alyansa sa mga ibang
bansa, pero hindi sila ginabayan ng aking Espiritu, kaya
nagdadagdag sila ng kasalanan sa kasalanan. 2 Pumunta
sila sa Ehipto, pero hindi hiningi ang aking direksyon.
Naghahanap sila ng proteksyon mula sa Faraon at kumubli
sa anino ng Ehipto. 3 Kaya nga ang proteksyon ni Faraon ay
magiging kahihiyan ninyo, at ang kublihan sa lilim ng Ehipto,
ay inyong kahihiyan, 4 kahit na nasa Zoan ang kanilang mga
prinsipe, at ang kanilang mga mensahero ay dumating sa
Hanes. 5 Mapapahiya silang lahat dahil sa bayan na hindi
sila matulungan, na hindi tulong o saklolo, kundi kahihiyan,
at isa pang kadungisan. 6 Isang pagpapahayag tungkol sa
mga halimaw ng Negev: Sa iba't ibang dako ng lupain ng
kaguluhan at panganib, ng babaeng leon at ng lalaking leon,
ang ulupong at ang umaapoy na dragon, ikinakarga nila
ang kanilang mga kayamanan sa likod ng mga asno, at ang
kanilang yaman sa mga umbok ng mga kamelyo, patungo sa
isang grupo ng mga tao na hindi sila matutulungan. 7 Dahil
ang tulong ng Ehipto ay walang halaga; kaya nga tinawag
ko siyang Rahab, na walang ginagawa. 8 Ngayon humayo
kayo, isulat ninyo sa kasama sila sa isang bato, at itala ito

sa isang balumbon, para mapanatili ito para sa darating
na panahon bilang isang katibayan. 9 Dahil ang mga ito
ay mga suwail na bayan, mga sinungaling na bata, mga
bata na hindi nakikinig sa tagubilin ni Yahweh. 10 Sinasabi
nila sa mga manghuhula, “Huwag kayong manghula”, at
sa mga propeta, “Huwag kayong magpahayag sa amin
ng tuwirang katotohanan; magsabi kayo sa amin ng mga
bagay na magandang pakinggan; magpahayag ng mga
panlilinlang; 11 lumiko mula sa daan; lumiko mula sa landas;
alisin Ang Diyos na Banal ng Israel mula sa aming harapan.”
12 Kaya nga sinasabi ng Diyos na Banal ng Israel, “Dahil
tinatanggihan ninyo ang salitang ito at nagtitiwala kayo
sa pang-aapi at panlilinlang at umaasa dito, 13 kaya ang
kasalanang ito ay magiging sa inyo tulad ng isang sirang
bahagi na handa nang bumagsak, tulad ng isang umbok
sa isang mataas na pader na kung saan ang kanyang
pagbagsak ay mangyayari nang biglaan, sa isang saglit.
14 Babasagin niya ito na parang ang sisidlan ng isang
magpapalayok na nabasag; hindi niya ititira ito, kung kaya't
walang matatagpuan sa mga piraso nito ng isang matalas na
piraso na maaaring gamitin para kayurin ang apoy mula sa
apuyan, o salukin ang tubig mula sa malaking imbakan ng
tubig. 15 Dahil ito ang sinasabi ng Panginoong Yahweh, Ang
Banal ng Israel, “Sa panunumbalik at pagpapahinga kayo
ay maliligtas; sa katahimikan at sa pagtitiwala ang inyong
magiging kalakasan. Pero hindi kayo pumapayag. 16 Sinabi
ninyo, 'Hindi, dahil tatakas kami sakay ng mga kabayo,'
kaya tatakas nga kayo; at, ' Sasakay kami sa matutulin na
mga kabayo,' kaya ang mga hahabol sa inyo ay magiging
matulin. 17 Isang libo ang tatakas sa banta ng isa; sa banta
ng lima tatakas kayo hanggang ang mga nalalabi sa inyo
ay magiging tulad ng isang poste ng bandila sa tuktok ng
isang bundok, o tulad ng isang bandila sa isang burol.” 18
Gayunman naghihintay si Yahweh na maging mapagbigay-
biyaya sa inyo. Kaya nga siya ay itataas, handa na bigyan
kayo ng awa. Dahil si Yahweh ay isang Diyos ng katarungan;
pinagpala ang lahat na naghihintay sa kanya. 19 Dahil isang
pangkat ng mga tao ang maninirahan sa Sion, sa Jerusalem,
at hindi na kayo iiyak. Tiyak na magbibigay-biyaya siya
sa inyo sa tunog ng inyong pag-iyak. Kapag narinig niya
ito, sasagot siya sa inyo. 20 Kahit na binibigyan kayo ni
Yahweh ng tinapay ng kahirapan at tubig ng kalungkutan,
kahit gayon, hindi na itatago ng inyong guro ang kanyang
sarili, pero makikita ninyo ang inyong guro sa sarili ninyong
mga mata. 21 Maririnig ng inyong mga tainga ang salita sa
inyong likuran na nagsasabing, “Ito ang daan, lakaran ninyo
ito,” kapag lumiko kayo sa kanan o kapag lumiko kayo sa
kaliwa. 22 Lalapastanganin ninyo ang inyong mga inukit na
imahe na nababalutan ng pilak at ang inyong mga pigurang
hinulma sa ginto. Itatapon ninyo ang mga iyon tulad ng
isang pasador. Sasabihin ninyo sa kanila, “Umalis kayo
dito.” 23 Ibibigay niya ang ulan para sa inyong binhi kapag
maghahasik kayo sa lupa, at tinapay na masagana mula sa
lupa. At magiging masagana ang mga pananim. Sa araw na
iyon, ang inyong mga baka ay manginginain ng damo sa
mga malawak na mga pastulan. 24 Ang mga baka at mga
asno, na nag-aararo ng lupa, ay kakain ng tinimplahang
pagkain na tinahip ng isang pala at isang pangkalaykay.
25 Sa bawat mataas na bundok at sa bawat mataas na
burol, magkakaroon ng mga umaagos na batis at mga sapa
ng mga tubig, sa araw ng walang habas na pagpatay sa
panahon na bumabagsak ang mga tore. 26 Ang liwanag ng
buwan ay magiging tulad ng liwanag ng araw, at ang liwanag
ng araw ay magiging pitong beses na mas maliwanag, tulad
ng liwanag ng araw ng pitong araw. Bibigkisin ni Yahweh ang
pagkabali ng kanyang bayan at pagagalingin ang mga sugat
ng kanyang panunugat sa kanila. 27 Masdan ninyo, ang
pangalan ni Yahweh ay dumarating mula sa malayong lugar,
lumiliyab sa kanyang galit at nasa makapal na usok. Ang
kanyang labi ay puno ng matinding galit, at ang kanyang
dila ay tulad ng isang lumalamon na apoy. 28 Ang kanyang
hininga ay tulad ng isang umaapaw na malakas na agos
na umaabot pataas sa gitna ng leeg, para salain ang mga
bansa ng salaan ng pagkawasak. Ang kanyang hininga ay
isang kabisada sa mga panga ng mga tao para dulutin silang
magpagala-gala. 29 Magkakaroon kayo ng awitin sa gabi
kapag ipinagdiriwang ang isang banal na pista, at kagalakan
ng puso, kapag ang isa ay pumunta dala ang isang plauta
sa bundok ni Yahweh, sa Bato ng Israel. 30 Ipaparinig ni
Yahweh ang karangyaan ng kanyang tinig at ipapakita ang
galaw ng kanyang bisig nang may silakbo ng galit at mga
liyab ng apoy, kasama ng bagyo na may malakas na hangin,
ulan kasama ng unos, at mga yelo. 31 Dahil, sa tinig ni
Yahweh, mawawasak ang Asiria; sila ay hahampasin niya
ng baston. 32 At bawat paghampas ng inilaang pamalo na
ipapatama ni Yahweh sa kanila ay sasamahan ng musika
ng mga tamburin at mga alpa habang sila ay ginigiyera at
nilalabanan niya. 33 Dahil may isang lugar ng pagsusunugan
ang matagal nang inihanda. Tunay nga, ito ay inihanda para
sa hari, at ginawa ito ng Diyos na malalim at malawak.
Handa na ang salansanan na may apoy at maraming kahoy.
Sisindihan ito ng hininga ni Yahweh, na tulad ng isang batis
ng asupre.

**31** Nakaaawa ang mga bumababa sa Ehipto para humingi
ng tulong at umaasa sa mga kabayo, at magtitiwala sa
mga karwahe (dahil sila ay marami) at sa mangangabayo
(dahil sila ay hindi mabilang). Pero hindi nila isinasaalang-
alang ang Banal ng Israel, ni hinahanap nila si Yahweh! 2

Gayunman siya ay marunong, at nagdadala siya ng sakuna
at hindi niya binabawi ang kaniyang mga salita. At siya ay
babangon laban sa masamang sambahayan at laban sa mga
alipin na nakagawa ng kasalanan. **3** Ang Ehipto ay isang
tao at hindi Diyos, ang kanilang mga kabayo ay laman at
hindi espiritu. Kapag inunat ni Yahweh ang kaniyang kamay,
parehas na matitisod ang tumulong, at mahuhulog ang
tinulungan; parehas silang maglalaho. **4** Ito ang sinasabi sa
akin ni Yahweh, "Tulad ng isang leon, kahit ang batang leon,
na umaatungal sa gutay-gutay na biktima nito, pagkatapos
na ang isang pangkat ng mga pastol ay tinawag laban
dito, pero hindi ito manginginig sa kanilang mga tinig, ni
tatakas sa kanilang ingay; kaya si Yahweh ng mga hukbo
ng mga anghel ay bababa para lumaban sa Bundok ng
Sion, sa burol na iyon. **5** Tulad ng mga ibon na lumilipad, si
Yahweh ng mga hukbo ng mga anghel ay pangangalagaan
ang Jerusalem; mangangalaga at magliligtas siya habang
dumadaan dito at pinapanatili ito. **6** Bumalik kayo sa kaniya
kayong malalim na tumalikod, bayan ng Israel. **7** Dahil sa
araw na iyon aalisin ng bawat isa ang kaniyang mga diyus-
diyosang pilak at ang kaniyang mga diyus-diyosang ginto
na makasalanang ginawa ng inyong sariling mga kamay. **8**
Babagsak ang Asiria sa pamamagitan ng espada, isang
espada na hindi ginawa ng tao ang papatay sa kaniya.
Makatatakas siya mula sa espada, at ang kaniyang mga
binata ay pipiliting gumawa nang mabibigat na trabaho. **9**
Panghihinaan sila ng loob dahil sa takot, at ang kaniyang
mga prinsipe ay matatakot sa pagtanaw nila ng bandilang
pandigma ni Yahweh." - Ito ang pagpapahayag ni Yahweh,
na ang apoy ay nasa Sion at ang pugon niya ay nasa
Jerusalem.

**32** Pagmasdan mo, isang hari ang maghahari sa katuwiran,
at mga prinsipe ang mamumuno sa katarungan. **2**
Bawat isa ay magiging tulad ng isang kanlungan sa hangin
at isang kublihan sa bagyo, tulad ng tubig sa batis sa
isang tuyong lugar, tulad ng lilim ng isang malaking bato
sa isang lupain ng kapaguran. **3** Pagkatapos ang mga
mata ng nakakikita ay hindi lalabo, at ang mga tainga ng
mga nakaririnig ay makakarinig ng mabuti. **4** Ang walang
pag-iingat ay mag-iisip ng mabuti na may pagkaunawa,
at ang nauutal ay magsasalita ng malinaw at madali. **5**
Hindi magtatagal ang hangal ay tatawaging marangal,
ni ang mandaraya ay tatawaging may prinsipyo. **6** Dahil
nagsasalita ang hangal ng kahangalan, at ang kaniyang
puso ay nagpaplano ng masama at hindi maka-diyos na
gawain, at nagsasalita siya ng mali laban kay Yahweh.
Ginugutom niya ang gutom, at inuuhaw niya ang mga uhaw.
**7** Ang mga paraan ng mandaraya ay masama. Mag-iisip siya
ng mga masamang balak nang may kasinungalingan para
wasakin ang mahirap, kahit na sinasabi ng dukha kung ano
ang tama. **8** Pero ang taong marangal ay gumagawa ng
mga marangal na plano; at dahil sa kaniyang mga marangal
na kilos siya ay mananatili. **9** Bumangon kayo, kayong mga
babaeng kampante, at makinig sa aking tinig; kayong mga
anak na babae na walang inaalala, makinig kayo sa akin.
**10** Dahil pagkalipas ng isang taon ang iyong kumpiyansa
ay masisira, kayong mga babae na walang inaalala, dahil
ang aning ubas ay magkukulang, ang pagtitipon ay hindi
darating. **11** Manginig kayo, kayong mga babaeng kampante;
maging maligalig, kayong mga panatag; hubarin ninyo ang
inyong magagandang kasuotan at ilantad ninyo ang inyong
kahubaran; magsuot kayo ng sako sa inyong mga baywang.
**12** Mananangis kayo para sa mga bukid na kaaya-aya, para
sa mabungang puno ng mga ubas. **13** Ang lupain ng aking
bayan ay labis na tutubuan ng mga tinik at mga dawag,
kahit ang lahat na minsang may kagalakan ng mga bahay
sa lungsod ng katuwaan. **14** Dahil ang palasyo ay iiwan,
ang matataong lungsod ay pababayaan; ang burol at ang
bantayang tore ay magiging mga kweba habang-buhay,
isang kagalakan para sa mga ligaw na asno, isang pastulan
ng mga kawan; **15** hanggang ibuhos sa atin ang Espiritu
mula sa kaitaasan, at ang ilang ay magiging isang bukid
na mabunga, at ang bukid na mabunga ay ituturing na
isang gubat. **16** Pagkatapos ang katarungan ay maninirahan
sa ilang; at ang katuwiran ay maninirahan sa mabungang
bukid. **17** Ang gawa ng katuwiran ay magiging kapayapaan;
at ang bunga ng katuwiran, katahimikan at pagtitiwala
magpakailanman. **18** Ang bayan ko ay maninirahan sa
isang mapayapang tirahan, sa mga ligtas na tahanan, at sa
matahimik na mga lugar ng kapahingahan. **19** Pero kahit
kung umulan ng mga yelo at ang gubat ay mawasak, at
ang lungsod ay ganap na nalipol, **20** kayong naghahasik sa
tabi ng lahat ng mga batis ay magiging mapalad, kayong
nagpapalabas ng inyong baka at asno para manginain.

**33** Kayo ay kaawa-awa, kayong mga tagawasak na hindi
pa nawawasak! Kaawa-awa kayong mga taksil na hindi
pinagtaksilan! Kapag itinigil ninyo ang pangwawasak, kayo
ay mawawasak. Kapag itinigil ninyo ang pagtataksil, sila ay
magtataksil sa inyo. **2** Yahweh, maging maawain ka sa amin;
maghihintay kami para sa iyo; maging aming bisig tuwing
umaga, aming kaligtasan sa panahon ng kaguluhan. **3** Sa
lakas ng ingay tumatakas ang mga tao; kapag bumangon
ka, ang mga bansa ay nagkakawatak-watak. **4** Ang iyong
nasamsam ay tinitipon gaya ng mga balang na nagtitipon;
gaya ng paglukso ng mga balang, ang mga tao ay lumulukso
dito. **5** Si Yahweh ay itinaas. Siya ay naninirahan sa isang
mataas na lugar. Pupunuin niya ang Sion ng katarungan at
katuwiran. **6** Siya ay magiging katatagan sa mga panahon

ninyo, kasaganaan ng kaligtasan, karunungan, at kaalaman;
ang pagkatakot kay Yahweh ay ang kaniyang kayamanan. **7**
Pagmasdan mo, umiyak ang kanilang mga sugo sa mga
lansangan; kinatawang umaasa para sa kapayapaan ay
nanangis nang may kalungkutan. **8** Ang mga malawak na
daanan ay napabayaan; wala ng mga manlalakbay. Ang
mga kasunduan ay nasira, ang mga saksi ay hinamak,
at ang mga lungsod ay hindi iginalang. **9** Ang lupain ay
nagdadalamhati at natutuyot; ang Lebanon ay nalalanta at
natutuyot; ang Sharon ay tulad ng isang patag na disyerto;
at ang Bashan at Carmelo ay nagpapagpag ng kanilang
mga dahon. **10** "Ngayon babangon ako," sabi ni Yahweh;
"Ngayon maitataas ako; ngayon ako ay itataas. **11** Nagbuntis
kayo ng ipa, at ipanganganak ninyo ay dayami; ang inyong
hininga ay isang apoy na tutupok sa inyo. **12** Ang bayan ay
masusunog sa apog, gaya ng mga mayabong na halamang
tinik na pinuputol at sinusunog. **13** Kayo na nasa malayo,
pakinggan ninyo kung ano ang aking nagawa; at, kayo na
nasa malapit, kilalanin ninyo ang aking kakayahan." **14**
Ang mga makasalanan sa Sion ay natatakot; panginginig
ang lumukob sa mga hindi maka-diyos. Sino sa atin ang
kayang manirahan ng ilang araw sa lumalagablab na apoy?
Sino sa atin ang kayang manirahan sa walang hanggang
pagkakasunog? **15** Siya na lumalakad nang matuwid at
nagsasalita nang matapat; siyang namumuhi sa pakinabang
sa pang-aapi, na tumatanggi para tumanggap ng suhol, na
hindi nagbabalak ng marahas na krimen, at hindi tumitingin
sa masama. **16** Siya ay gagawa ng kaniyang tahanan
sa kaitaasan; ang lugar ng kaniyang kuta ay magiging
mga batong tanggulan; ang kaniyang pagkain at tubig ay
magpapatuloy na dadaloy. **17** Makikita ng inyong mga mata
ang hari sa kaniyang kagandahan; sila ay tatanaw ng isang
malawak na lupain. **18** Magugunita ng inyong puso ang
kilabot; nasaan ang eskriba, nasaan siya na nagtimbang
ng pera? Nasaan siya na bumilang ng mga tore? **19** Hindi
na ninyo makikita ang bayan na suwail, isang bayan na
may isang kakaibang wika, na hindi ninyo mauunawaan. **20**
Pagmasdan ang Sion, ang lungsod ng aming mga pista;
makikita ng inyong mga mata ang Jerusalem bilang isang
tahimik na matitirahan, isang tolda na hindi maaalis, na
ang mga tulos ay hindi mahihila ni anuman sa mga tali nito
ang masisira. **21** Sa halip, ang kadakilaan ni Yahweh ay
mapapasaatin, sa isang lugar na malawak na mga ilog at
batis. Walang bapor na pandigma na may mga sagwan
ang maglalakbay dito, at walang mga malalaking barko
ang maglalayag dito. **22** Dahil si Yahweh ay ating hukom,
si Yahweh ay ating tagapagbigay ng batas, si Yahweh ay
ating hari; ililigtas niya tayo. **23** Ang inyong mga palubid at
palayag ay maluwag; hindi nila mapipigilan ang poste ng
bapor sa lugar; hindi nila mailaladlad ang layag; kapag ang
malaking samsam ay nahati, kahit ang pilay ay hihilahin ang
nasamsam. **24** Hindi sasabihin ng mga naninirahan, "Ako ay
may sakit;" ang bayan na naninirahan doon ay patatawarin
sa kanilang kasalanan.

**34** Lumapit kayo, kayong mga bansa, at makinig; bigyang-
pansin, kayong bayan! Ang lupa at lahat ng pumupuno
rito ay dapat makinig, ang mundo, at lahat ng mga bagay
na nanggagaling mula rito. **2** Dahil si Yahweh ay galit
sa lahat ng mga bansa, at galit na galit laban sa lahat
ng kanilang mga hukbo; sila ay lubos niyang winasak,
ibinigay niya sila para katayin. **3** Ang mga pinatay nila
ay maiiwang hindi nakalibing; ang masangsang na amoy
ng kanilang mga bangkay ay nasa lahat ng dako, at ang
mga bundok ay mababad ng kanilang dugo. **4** Lahat
ng bituin sa kalawakan ay maglalaho, at ang kalawakan
ay ibabalumbon gaya ng isang balumbon ng kasulatan; at
lahat ng kanilang mga bituin ay maglalaho, gaya ng dahon
na nalalagas mula sa patay na puno ng ubas, at gaya ng
labis na hinog ng mga igos mula sa puno ng igos. **5** Sa
oras na mabusog ang aking espada sa langit mula sa pag-
inom; pagmasadan ninyo, bababa ito sa Edom, sa bayan na
ibinukod ko para wasakin. **6** Ang espada ni Yahweh ay puno
ng dugo at nababalutan ng taba, may tumutulong dugo ng
mga batang tupa at mga kambing, nababalutan ng taba ang
mga lamang-loob ng mga lalaking tupa. Dahil si Yahweh
ay may isang handog sa Bosra at may isang malaking
katayan sa lupain ng Edom. **7** Ang mababangis na baka ay
kakatayin kasama nila, at ang mga batang toro na kasama
ang mas nakatatanda. Ang kanilang lupain ay magiging
lango sa dugo, at ang kanilang alikabok ay pinataba ng
katabaan. **8** Dahil ito ay magiging araw ng paghihiganti
para kay Yahweh at taon kung saan maghihiganti siya
laban sa kanila para sa kapakanan ng Sion. **9** Ang mga
batis ng Edom ay mapapalitan ng alkitran, ang kaniyang
alikabok ay asupre, at kaniyang lupain ay magiging sunog
na alkitran. **10** Masusunog ito sa gabi at araw; ang usok nito
ay tataas magpakailanman; mula sa bawat salinlahi ito ay
magiging isang tambakan ng basura; walang sinuman ang
makararaan dito magpakailanman pa man. **11** Pero ang mga
mailap na ibon at hayop ay maninirahan doon; ang kuwago
at ang uwak ay gagawa ng kanilang pugad dito. Iuunat
niya sa ibabaw nito ang hangganan ng pagkawasak at ang
panukat ng pagkasira. **12** Ang kaniyang mga maharlika
ay mawawalan ng matatawag na kaharian, at ang lahat
ng kaniyang mga prinsipe ay mababalewala. **13** Ang mga
tinik ay lubos na lalaki sa kaniyang mga palasyo, kulitis
at mga dawag sa kaniyang tanggulan. Magiging tahanan
ito ng mga asong-gala, ang lugar para sa mga ostrich. **14**

Ang mga mabangis na hayop at ang mga asong-gubat ay
magtatagpo doon, at ang mabangis na mga kambing ay
nagsigawan sa isat-isa. Ang mga panggabing hayop ay
mamamalagi doon at maghahanap para sa kanila ng isang
lugar na mapapahingahan. **15** Ang mga kuwago ay gagawa
ng mga pugad, mangingitlog at pipisain ang kanilang mga
itlog, pipisain at pangangalagaan ang kanilang inakay. Oo,
magtitipon doon ang mga lawin, bawat isa ay may kapareha.
**16** Maghanap kayo mula sa balumbon ng kasulatan ni
Yahweh; wala isa man sa mga ito ang mawawala. Walang
magkukulang ng kapareha; dahil inutos ito ng kaniyang bibig,
at sila ay tinipon ng kaniyang espiritu. **17** Nagpalabunutan
siya para sa kanilang nasasakupan, at sinukat ito ng
kaniyang kamay para sa kanila sa pamamagitan ng isang
tali. Aangkinin nila ito magpakailanman, mula sa bawat
salinlahi sila ay maninirahan doon.

**35** Ang ilang at ang Araba ay magagalak; at ang ilang
ay magsasaya at mamumulaklak gaya ng rosas. **2**
Ito ay mamumulaklak ng masagana at magsasaya na
may kagalakan at awitan; ang kaluwalhatian ng Lebanon
ay ibibigay dito, ang karangyaan ng Carmelo at Sharon;
makikita nila ang kaluwalhatian ni Yahweh, ang karangyaan
ng ating Diyos. **3** Palakasin ninyo ang mahihinang kamay, at
patatagin ninyo ang mga tuhod na nangangatog. **4** Sabihin
ninyo sa mga taong natatakot na puso, “Maging matapang
kayo, huwag matakot! Pagmasdan ninyo, ang inyong Diyos
ay darating na may paghihiganti, kasama ang paniningil ng
Diyos. Darating siya at ililigtas kayo.” **5** Pagkatapos ang mga
mata ng bulag ay makakakita, at ang mga tainga ng bingi ay
makakarinig. **6** Pagkatapos ang taong pilay ay lulukso tulad
ng isang usa, at ang piping dila ay aawit, dahil magkakatubig
sa bukal mula sa Araba, at magkakabatis sa ilang. **7** Ang
nasusunog na buhangin ay magiging isang lawa, at ang
uhaw na lupa ay magiging mga bukal na tubig, sa tinitirahan
ng mga asong-gubat, kung saan sila ay minsang humihiga,
ay magiging damo na may mga tambo at mga talahib. **8**
Isang malawak na daanan ang naroroon at tinawag iyon
na Ang Banal na Daan. Hindi makapaglalakbay dito ang
marumi. Pero ito ay magiging sa kaniya na maglalakad dito.
Walang hangal ang makapupunta dito. **9** Hindi magkakaroon
ng leon at mabangis na hayop doon; hindi sila matatagpuan
doon, pero ang tinubos ay lalakad doon. **10** Ang tinubos ni
Yahweh ay babalik at darating na may pag-aawitan sa Sion,
at magkakaroon ng walang hanggang kagalakan sa kanilang
mga ulo; kasiyahan at kagalakan ang pupuno sa kanila;
kalungkutan at pagbuntong-hininga ay mawawala.

**36** Sa ika-labing-apat na taon ni Haring Hezekias, si
Senaquerib, Hari ng Asiria, ay nilusob ang lahat ng
pinagtibay na lungsod ng Juda at nabihag ang mga ito. **2**
Pagkatapos ang Hari ng Asiria ay isinugo ang pangunahing
pinuno mula sa Laquis sa Jerusalem kay Haring Hezekiaz
kasama ng isang malaking hukbo. Lumapit siya sa daluyan
ng tubig ng lawang nasa itaas, sa daang patungo sa bukid
ng labahan, at nanatili dito. **3** Ang opisyales ng Israel na
sumalubong sa labas ng lungsod para kausapin sila ay sina
Eliakim anak ni Hilkias, ang administrador ng palasyo, Sebna
ang kalihim ng hari, at Joa anak ni Asaf, na may-akda ng
mga kapasyahan ng pamahalaan. **4** Sinabi ng pangunahing
pinuno sa kanila, “Sabihin kay Hezekias na ang dakilang
hari, ang hari ng Asiria, sinasabing, 'Ano ang pinagmumulan
ng inyong lakas ng loob? **5** Nagsasabi kayo ng walang
kabuluhang mga salita, sinasabing mayroong pagpapayo
at kakayahan para sa pakikidigma. Ngayon kanino kayo
nagtitiwala? Sino ang nagbigay ng tapang sa inyo para
labanan ako? **6** Tingnan ninyo, kayo ay nagtitiwala sa Ehipto,
iyang buhong may lamat na ginagamit mong tungkod, pero
kung madiinan ito, babaon ito sa kanyang kamay at susugat
ito. Iyon ay kung ano ang Faraon hari ng Ehipto sa sinumang
magtitiwala sa kanya. **7** Pero kung sasabihin mo sa akin,
“Kami ay nagtitiwala kay Yahweh aming Diyos,” hindi ba
siya ang isang ang mga bantayog at altar ay giniba ni
Hezekias, at nagsabi kay Juda at sa Jerusalem, “Dapat
kayong sumamba sa harap ng altar na ito sa Jerusalem? **8**
Kaya ngayon, gusto ko kayong bigyan ng magandang alok
mula sa aking panginoon na hari ng Asiria. Bibigyan ko kayo
ng dalawang libong kabayo, kung makakahanap kayo ng
sasakay sa mga ito. **9** Paano kayo mananaig kahit sa isang
kapitan ng pinakamahina ng mga alipin ng aking panginoon.
Inilagay mo ang inyong pagtitiwala sa Ehipto para sa mga
karwaheng pandigma at mangangabayo! **10** Kaya ngayon,
naglakbay ba ako dito nang wala si Yahweh para labanan at
lipulin ang lupaing ito? Sinabi ni Yahweh sa akin,” “Lusubin
at wasakin ang lupaing ito.”” **11** Pagkatapos sinabi nii Eliakim
anak ni Hilkias, at Sebna, at Joa sa pangunahing pinuno,
“Maaari bang kausapin ang inyong mga lingkod sa wikang
Araminia, ang Aramaic, dahil naiintindihan namin ito. Huwag
ninyo kaming kausapin sa wika ng Juda na naririnig ng mga
tao na nasa itaas ng pader. **12** Pero sinabi ng pinunong
kumander, "Ipinadala ba ako ng aking panginoon sa inyong
panginoon at sa inyo para sabihin ang mga salitang ito?
Hindi ba ipinadala niya ako para sa mga nakaupo sa pader,
silang mga kakain ng kanilang sariling dumi at iinom ng
kanilang sariling ihi kasama ninyo?" **13** pagkatapos tumayo
ang pangunahing pinuno at sumigaw ng malakas sa wika
ng mga Judio, sinasabing, “Pakingggan ang mga salita ng
dakilang hari, ang hari ng Asiria. **14** Sinasabi ng hari, 'Huwag
hayaang linlangin kayo ni Hezekias, dahil hindi niya kayo

kayang sagipin. 15 Huwag ninyong hayaan pagtiwalain kayo
ni Hezekias kay Yahweh, sinasabing, “Totoong ililigtas tayo
ni Yahweh; hindi niya ibibigay ang lungsod na ito sa hari ng
Asiria”” 16 Huwag kayong makinig kay Hezekias, dahil ito
ang sinasabi ng hari ng Asiria: Makipagkasundo kayo at
lumapit sa akin. Pagkatapos ang lahat ay makakakain mula
sa kanyang sariling ubasan at mula sa kaniyang sariling
puno ng igos, at uminom mula sa tubig ng kanyang sariling
balon. 17 Gagawin mo ito hanggang ako ay dumating at
aalisin ka sa iyong sariling lupain, lupain ng butil at bagong
alak, lupain ng tinapay at mga ubasan.' 18 Huwag ninyong
hayaan na iligaw kayo ni Hezekias, sinasabing, 'sasagipin
tayo ni Yahweh'. Mayroon bang mga diyos ng mga tao
ang sasagip sa kanila mula sa kapangyarihan ng hari ng
Asiria? 19 Nasaan ang mga diyos ng Hamat at Arpad?
Nasaan ang mga diyos ng Sefarvaim? Sinagip ba nila ang
Samaria mula sa aking kapangyarihan? 20 Sa lahat ng mga
diyos ng mga lupaing ito, mayroon bang sinumang diyos na
sumagip ng kanyang lupain mula sa aking kapangyarihan,
na parang maililigtas ni Yahweh ang Jerusalem mula sa
aking kapangyarihan?” 21 Pero nanatiling tahimik ang mga
tao at hindi sumagot, dahil ang kautusan ng hari ay, “Huwag
ninyo siyang sasagutin.” 22 Kaya si Eliakim anak ni Hilkias,
na namumuno sa sambahayan, Sebna ang escriba, at Joa
anak ni Asaf, ang tagapagtala, ay nagtungo kay Hezekias
nang punit ang kanilang damit, at iniulat sa kanya ang mga
sinabi ng pinunong kumander.

**37** Ito ang nangyari nang narinig ni Haring Hezekias ang
kanilang ulat, pinunit niya ang kanyang kasuotan,
sinuotan ang sarili ng sako, at nagtungo sa tahanan ni
Yahweh. 2 Ipinadala niya si Eliakim, na namumuno sa
sambayahan, at Sebna ang escriba, at ang mga nakatatanda
ng mga pari, lahat nakasuot ng sakong tela, kay Isaias anak
ni Amos, ang propeta. 3 Sinabi nila sa kaniya, “Sinasabi
ni Hezekias, 'Ang araw na ito ay araw ng paghihirap,
pagsasaway at kahihiyan, tulad kapag ang isang sanggol
ay handa ng isilang, pero ang ina ay walang kalakasang
iluwal ang kanyang sanggol. 4 Maaaring maririnig ni Yahweh
inyong Diyos ang mga salita ng pangunahing pinuno, na
siyang ipinadala ng hari ng Asiria kanyang panginoon para
hamunin ang buhay na Diyos, at sasawayin ang mga salitang
narinig ni Yahweh inyong Diyos. Itaas ninyo ngayon ang
inyong panalangin para sa mga nalalabi na naroroon pa."" 5
Kaya ang mga lingkod ni Haring Hezekias ay nagtungo kay
Isaias 6 at sinabi sa kanila ni Isaias, 'Sabihin ninyo sa inyong
panginoon: sinabi ni Yahweh, “Huwag kayong matakot sa
mga salitang inyong narinig, na kung saan hinamak ako
ng mga lingkod ng hari ng Asiria. 7 Pagmasdan ninyo,
maglalagay ako ng isang espiritu sa kanya, at makakarinig
siya ng isang ulat at magbabalik sa kanyang sariling lupain.
Dudulutin kong siyang mahulog sa espada sa kanyang
sariling lupain."" 8 Pagkatapos ang pinunong kumander
ay nagbalik at inabot ang Hari ng Asiriang nakikipagdigma
kay Libna, dahil narinig niya na ang hari ay umalis mula sa
Laquis. 9 Pagkatapos narinig ni Senaquerib na si Tirhaka
hari ng Etiopia at Ehipto ay naghahanda para lumaban
sa kanya, kaya muli siyang nagpadala ng tagapagbalita
kay Hezekias kasama ng isang mensahe: 10 “Sabihin kay
Hezekias, hari ng Juda, 'Huwag hayaang linlalingin kayo
ng inyong Diyos na inyong pinagtitiwalaan, nagsasabing,
“Hindi ibibgay sa kamay ng hari ng Asiria ang Jerusalem.” 11
Masdan ninyo, narinig ninyo kung ano ang ginawa ng mga
hari ng Asiria sa lahat ng lupain na ganap nang winasak.
Kaya maililigtas ba kayo? 12 Nailigtas ba sila ng mga diyos
ng mga bansa, mga bansang winasak ng aking mga ama:
ang Gozan, Haran, Resef, at mamamayan ng Eden sa
Telasar? 13 Nasaan ang hari ng Hamat, hari ng Arpad, hari
ng mga lunsod ng Sefarvaim, ng Hena at Iva?” 14 Tinanggap
ni Hezekias ang liham na ito mula sa mensahero at binasa
ito. Pagkatapos umakyat siya sa bahay ni Yahweh at inilatag
ito sa kanyang harapan. 15 Nanalangin si Hezekias kay
Yahweh: 16 Yahweh ng mga hukbo, Diyos ng Israel, ikaw na
nakaupo sa ibabaw ng kerubin, ikaw ang tangging Diyos sa
lahat ng kaharian ng mundo. Ikaw na gumawa ng mga langit
at lupa. 17 Ibaling mo ang inyong tainga, Yahweh, at makinig.
Imulat mo ang inyong mga mata, Yahweh, at tingnan mo,
at dingin mo ang mga salita ni Senaquerib, na kanyang
ipinadala para alipustahin ang Diyos na buhay. 18 Totoo
ito, Yahweh, winasak ng mga hari ng Asiria lahat ng mga
bansa at kanilang mga lupain. 19 Inilagay nila sa apoy ang
kanilang mga diyos, dahil sila ay hindi mga diyos pero gawa
ng kamay ng mga tao, kahoy lamang at bato. Kaya winasak
sila ng mga taga-Asiria. 20 Pero ngayon, Yahweh aming
Diyos, iligtas mo kami mula sa kanyang kapangyarihan, para
malaman ng lahat ng kaharian sa mundo na ikaw Yahweh
ang nag-iisa.” 21 Pagkatapos magpadala ni Isaias anak ni
Amos ng mensahe kay Hezekias, nagsasabing, “Yahweh,
ang Diyos ng Israel ay sinasabing, 'Dahil ikaw ay nanalangin
sa akin tungkol kay Senaquerib hari ng Asiria, 22 ito ang
salitang sinalita ni Yahweh tungkol sa kanya: “Ang birheng
anak ng Sion ay kinamumuhian ka at tinatawanan ka para
kutyain; ang mga anak na babae ng Jerusalem ay iniiling ang
kanilanh ulo para sa iyo. 23 Sino ang iyong nilapastangan
at hinamak? at laban kanino mo itinaas ang iyong tinig at
nagmataas sa iyong mga tinggin? Laban sa Ang Banal
ng Israel. 24 Sa iyong mga lingkod nilapastangan mo ang
Panginoon at nagsabing, 'Sa dami ng aking mga karwaheng
pandigma umangat ako ng kasingtaas ng mga bundok, sa

pinakamataas na sukat mula sa lupa ng Lebanon. Puputulin
ko ang kanyang mataas na mga punong cedar at piling
puno ng pir doon, at papasukin ko ang dulo ng kanilang
matataas ng mga lugar, sa kanilang mayamang gubat. 25
Nakapaghukay ako ng mga balon at uminom ng kanilang
tubig; tinuyo ko ang mga ilog ng Ehipto sa ilalim ng aking
mga paa.' 26 Hindi mo ba narinig kung paano ko binalak ito
noon pa man at gawin ito ng sinaunang panahon? Ngayon,
gagawin ko na itog mangyari. Ikaw ay naririto para gawing
tumpok ng batong durog ang mga hindi matinag na mga
lunsod. 27 Ang mga naninirahan dito, na walang kalakasan,
ay litong-lito at hiyang-hiya. Sila ay mga pananim sa bukid,
damong luntian, ang damo sa ibabaw ng bubong o sa
bukid, sa harap ng hanging silangan. 28 Pero alam ko ang
iyong pag-upo, ang iyong paglabas, ang iyong pagpasok, at
iyong labis na galit sa akin. 29 Dahil sa labis mong galit sa
akin, at dahil sa iyong pagmamataas ay nakaabot sa aking
mga tainga, ilalagay ko ang aking kawit sa iyong ilong, at
aking lubid sa iyong bibig; ibabalik kita sa pinanggalingan
mo." 30 Ito ang magiging palatandaan sa iyo: Sa taong ito
kakain ka ng ligaw na halaman, at sa ikalawang taon kung
ano ang bunga nito. Pero sa ikatlong taon kailangan mong
magtanim at mag-ani, magtanim ng ubasan at kainin ang
kanilang bunga. 31 Ang nalalabing lahi ni Juda ay muling
mag-uugat at mamumunga. 32 Kaya may nalalabi mula
sa Jerusalem ang lalabas; may mga nakaligtas mula sa
Bundok ng Sion ang darating.' Ang kasigasigan ni Yahweh
ng mga hukbo ang gagawa nito." 33 Kaya ito ang sinasabi
ni Yahweh sa hari ng Asiria: "Hindi siya makararating sa
lungsod na ito, ni papana ng palaso dito. Ni makakalapit ito
ng may panangga o gumawa ng taguan laban dito. 34 Ang
daang pinanggalingan niya ay ang daan din na kanyang
pag-aalisan; hindi siya makakapasok sa lungsod na ito. Ito
ang kapahayagan ni Yahweh. 35 Dahil ipagtatanggol ko
ang lungsod na ito at sasagipin ito, sa aking kapakanan at
sa kapakanan ni David aking lingkod." 36 Pagkatapos ay
dumating ang angel ni Yahweh at lumusob sa kampo ng
Asiria, pinatay ang 185, 000 na sundalo. Nang maagang
gumising ang mga kawal, nagkalat ang patay kahit saan. 37
Kaya si Senaquerib hari ng Asiria ay umuwi at nanatili sa
Nineveh. 38 Kalaunan, habang siya ay nagpupuri sa tahanan
ng kanyang diyos na si Nisroc, pinatay siya ng kanyang
mga anak na si Adramelec at Sarezer gamit ang espada.
Pagkatapos sila ay nagtago sa lupain ng Ararat. Tapos ang
kanyang anak si Esarhadon ang naghari kapalit niya.

**38** Nang mga araw na iyon, malubhang nagkasakit si
Hezekias. Kaya dinalaw siya ni Isaias anak ni Amos,
ang propeta, at sinabi sa kaniya, "pinasasabi ni Yahweh,
'Ilagay mo sa ayos ang iyong sambahayan; dahil mamamtay
ka na at hindi na mabubuhay.'" 2 Pagkatapos humarap sa
pader si Hezekias at nanalangin kay Yahweh. 3 Kanyang
sinabi, "Paki-usap, Yahweh, alalahanin kung paaanong
matapat akong namuhay ng buong puso sa iyong harapan
at ginawa ko kung ano ang mabuti sa iyong paningin." At
tumangis si Hezekias. 4 Pagkatapos dumating ang salita ni
Yahweh kay Isaias, sinasabing, 5 Magtungo ka at sabihin
kay Hezekias, ang lider ng aking bayan, 'Ito ang sinabi ni
Yahweh, ang Diyos ni David inyong ninuno, nagsasabing:
narinig ko ang iyong panalangin, at nakita ko ang iyong
mga luha. Tingnan mo, labinlimang taon ang idadagdag ko
sa iyong buhay. 6 At ililigtas kita at ang lunsod na ito sa
kapangyarihan ng hari ng Asiria, at ipagtatanggol ko ang
lunsod na ito. 7 At ito ang magiging palatandaan sa iyo
mula sa akin, Yahweh, na aking gagawin ang sinabi ko: 8
Masdan, paaatrasin ko ng sampung hakbang ang anino ni
Ahaz sa hagdan."' Kaya umatras ng sampung hakbang ang
anino sa hagdan na kung saan ito ay nagpauna. 9 Ito ang
nakasulat na panalangin ni Hezekias hari ng Juda, noong
siya ay nagkasakit at gumaling: 10 sinabi ko na sa kalahati
ng aking buhay na mapupunta ako sa tarangkahan ng sheol;
mananatili ako doon sa nalalabing mga taon ko. **(Sheol h7585)**
11 Sinabi kong hindi ko na makikita pa si Yahweh, nasa
lupain ng mga buhay si Yahweh; hindi ko na makikita pa ang
sangkatauhan o ang mga naninirahan sa mundo. 12 Inalis at
tinangay ang aking buhay mula sa akin tulad ng isang tolda
ng pastol; binalumbon ko ang aking buhay tulad ng isang
manghahabi; tinatabas mo ako mula sa habihan; araw at
sa gabi, winawakasan mo ang aking buhay. 13 Lumuluha
ako hanggang umaga; tulad ng isang leon na binabali lahat
ng aking mga buto; sa araw at sa gabi winawakasan mo
ang buhay ko. 14 Tulad ng isang layang-layang ako ay
sumisiyap; tulad ng isang kalapati ako ay humuhuni; aking
mata ay napagod sa kakatingala. Panginoon, inapi ako:
tulungan mo ako. 15 Ano ang dapat kong sabihin? Parehong
siyang nagpahayag sa akin at tinupad ito; dahan-dahan
kong lalakarin ang laaht ng aking taon dahil binabalot mo
ako ng kalungkutan. 16 Panginoon, ang mga pagdurusang
mula sa iyo ay mabuti sa akin; nawa ay ibalik mo sa akin
ang aking buhay; naibalik mo ang aking buhay at kalusugan.
17 Ito ay sa kabutihan ko na naranasan ko ang ganoong
kalungkutan. Niligtas mo ako sa hukay ng pagkawasak;
dahil tinapon mo lahat ng aking kasalanan sa iyong likuran.
18 Dahil hindi nagpapasalamat sa iyo ang sheol; hindi ka
pinupuri ng kamatayan; silang nananaog sa hukay ay hindi
umaasa sa iyong pagkamapagkakatiwalaan. **(Sheol h7585)** 19
Ang taong nabubuhay, ang taong nabubuhay, siya ay ang
isang magbibigay pasasalamat sa iyo, tulad ng ginagawa ko
sa araw na ito; ipinaaalam ng isang ama sa mga anak ang

iyong pagkamapagkakatiwalaan. 20 Malapit na akong iligtas
ni Yahweh, at magdiriwang kami na may kantahan sa araw
ng ating mga buhay sa bahay ni Yahweh."" 21 Ngayon sinabi
ni Isaias, "Hayaan silang pumitas ng isang bungkos na igos
at itapal sa iyong pigsa, at ikaw ay gagaling. 22 Sinabi din ni
Hezekias, "Ano ang magiging tanda na ako ay aakyat sa
tahanan ng Diyos?"

**39** Sa mga oras na iyon si Merodac Baladan anak ni
Baladan, hari ng Babylonia, ay nagpadala ng mga
liham at regalo kay Hezekias; dahil narinig niya na nagkasakit
si Hezekias at gumaling. 2 Si Hezekias ay nagalak sa mga
bagay na ito; ipinakita niya sa mensahero ang kanyang
imbakan ng mga mahahalagang bagay - ang pilak, ang ginto,
ang pabango at mamahaling langis. ang imbakan ng kanyang
mga sandata, at lahat ng matatagpuan sa kaniyang mga
imbakan. Wala siyang hindi ipinakita sa kanila, sa kaniyang
tahanan, ni sa kaniyang kaharian. 3 Pagkatapos lumapit
si Isaias ang propeta kay Haring Hezekias at tinanong
siya, "Ano ang sinabi sa iyo ng mga taong ito? Saan sila
nagmula?" Sumagot si Hezekias, "Naparito sila sa akin mula
sa malayong bansa ng Babilonia." 4 Tinanong ni Isaias,
"Ano ang nakita nila sa tahanan mo?" Sagot ni Hezekias,
"Nakita nilang ang lahat sa tahanan ko. Walang mahalagang
bagay ang hindi ko ipinakita sa kanila." 5 Pagkatapos sinabi
ni Isaias kay Hezekias, "Makinig ka sa salita ni Yahweh ng
mga hukbo: 6 'Masdan mo, darating ang araw na ang lahat
sa iyong kaharian, mga bagay na itinabi ng iyong ninuno
hanggang sa mga panahong ito, ay dadalahin sa Babilonia.
Walang matitira, sabi ni Yahweh. 7 At ang mga lalaking
nagmula sa iyo, na ikaw mismo ang ama - sila ay kukunin
palayo, at sila ay magiging mga eunuko sa palasyo ng hari
ng Babilonia."' 8 Pagkatapos sinabi ni Hezekias kay Isaias,
"Ang sinabi ni Yahweh na iyong binanggit ay mabuti." Dahil
kanyang inakala, "Magkakaroon ng kapayapaan at tatatag
ang aking mga araw."

**40** "Aliwin, aliwin mo ang aking bayan," sabi ng inyong
Diyos. 2 "Kausapin mo nang may pagmamahal
ang Jerusalem; at ihayag sa kaniya na ang kaniyang
pakikipagdigmaan ay tapos na, pinatawad na ang kaniyang
mabigat na pagkakasala, na doble ang kaniyang natanggap
na mula sa kamay ni Yahweh dahil sa lahat ng kaniyang
mga kasalanan." 3 May isang tinig na sumisigaw, "ihanda
ang daan ni Yahweh sa ilang; sa Araba, lumikha ng tuwid na
daanan para sa ating Diyos." 4 Ang bawat lambak ay itataas,
at bawat bundok at burol ay papatagin; at ang baku-bakong
lupa ay gagawing patag, at papantayin ang mabatong mga
lugar; 5 at ang kaluwalhatian ni Yahweh ay maihahayag,
at magkakasama itong makikita ng lahat; dahil ang bibig
ni Yahweh ang nagsabi nito. 6 Sinabi ng tinig, "umiyak".
Sumagot ang isa "Ano ang dapat kong iiyak?" "Ang lahat
ng laman ay damo, at lahat ng kanilang katapatan sa tipan
ay tulad ng bulaklak sa bukid. 7 Ang damo ay natutuyot at
ang bulaklak ay nalalanta kapag ang hininga ni Yahweh
ay umihip dito; totoo ang sangkatauhan ay damo. 8 Ang
damo ay natutuyot, ang bulaklak ay nalalanta, ngunit ang
salita ng Diyos ay mananatili magpakailanman." 9 Umakyat
ka sa mataas na bundok Sion, tagapagdala ng mabuting
balita; buong lakas mong itaas ang iyong tinig, ipahayag
mo sa Jerusalem ang mga mabuting balita. Sumigaw ka
nang malakas; huwag kang matakot. Sasabihin mo sa mga
lungsod ng Juda, "Narito ang inyong Diyos!" 10 Masdan
niyo, ang Panginoon na si Yahweh ay dumadating bilang
matagumpay na mandirigma, at ang kaniyang malakas na
bisig ang namumuno para sa kaniya. Tingnan mo, ang
kaniyang gantimpala ay nasa kaniya, at ang kaniyang
gantimpala ay nauuna sa kaniya. 11 Papakainin niya ang
kaniyang kawan tulad ng isang pastol, titipunin niya ang
mga tupa sa kaniyang bisig, at dadalhin sila ng malapit
sa kaniyang puso, at dahan-dahang pangungunahan ang
mga babaing tupa na inaalagaan ang kanilang anak. 12
Sino ang sumukat ng katubigan sa guwang ng kaniyang
palad, sinukat ang lapad ng himpapawid, hinawakan ng
alikabok ng mundo sa isang sisidlan, timbangin ang mga
kabundukan o ang mga burol sa timbangan? 13 Sino ang
nakakaunawa ng isipan ni Yahweh, o nagturo sa kaniya
bilang kaniyang tagapayo? 14 Mula kanino siya kailanman
nakatanggap ng tagubilin? Sino ang nagturo sa kaniya ng
tamang paraan para gawin ang mga bagay, at nagturo sa
kaniya ng kaalaman, o nagpakita sa kaniya ng daan sa
kaunawaan? 15 Masdan, ang mga bansa ay tulad ng isang
patak sa isang sisidlan, at itinuturing na tulad ng alikabok
sa timbangan; tingnan, kaniyang tinimbang ang maliliit na
mga isla na gaya ng isang puwing 16 Ang Lebanon ay hindi
sapat na panggatong, ni ang mga mababangis na hayop ay
sapat para sa isang susunuging handog. 17 Ang lahat ng
mga bansa ay hindi sapat sa harap niya; ito ay itinuturing
niyang walang halaga. 18 Kanino mo ihahambing ang Diyos?
Sa anong diyus-diyusan mo siya itutulad? 19 Isang diyus-
diyusan! Isang mahusay na manggagawa ay hinubog ito:
ang panday-ginto ay pinapatungan ito ng ginto at dinikitan
ito ng pilak na kuwintas. 20 Sa paggawa ng alay ang isa ay
mamimili ng kahoy na hindi mabubulok; siya ay naghahanap
ng dalubhasang sanay sa paggawa ng diyus-diyusan na
hindi babagsak. 21 Hindi niyo ba nalaman? Hindi niyo ba
narinig? Hindi ba nasabi sa inyo ito mula simula? Hindi niyo
ba nauunawaan mula sa mga pundasyon ng mundo? 22
Siya ang nakaupo sa itaas ng kapatagan ng lupa; at ang

mga naniniraha'y tulad ng tipaklong sa harap niya. Kaniyang
nilatag ang kalangitan tulad ng isang kurtina at inuunat
ito tulad ng isang tolda para matirhan. **23** Binabawasan
niya ang mga pinuno at ginagawang walang halaga ang
mga pinuno sa mundo. **24** Tingnan, sila ay bahagyang
nakatanim; tingnan, sila ay bahagyang inani; tingnan, sila
ay bahagyang nagkaugat sa mundo, bago niya sila hipan,
at sila ay nalalanta, at ang hangin ay hihipan sila tulad ng
dayami. **25** “Kung ganoon, kanino niyo ako ihahambing,
sino ang katulad ko?” sinabi ng Banal. **26** Tumingala ka
sa himpapawid! Sino ang lumikha ng lahat ng mga bituin?
Pinangungunahan niya ang kanilang mga pagkakaayos
at tinatawag silang lahat sa pangalan. Sa kadakilaan ng
kaniyang lakas at sa kalakasan ng kaniyang kapangyarihan,
walang isang mawawala. **27** Bakit mo sinasabi, Jacob at
pinapahayag, Israel, “ang aking paraan ay nakatago mula
kay Yahweh, at ang aking Diyos ay hindi nababahala tungkol
sa aking pagtatanggol? **28** Hindi mo ba alam? Hindi mo
ba narinig? Ang walang hanggang Diyos, si Yahweh, ang
Manlilikha ng mga dulo ng mundo, ay hindi napapagod o
nanghihina; walang hangganan ang kaniyang kaunawaan.
**29** Nagbibigay siya ng kalakasan sa mga pagod; sa mga
mahihina nagbibigay siya ng bagong lakas. **30** Kahit ang mga
kabataan ay napapagod at nanghihina, at ang kabataang
lalaki ay nadadapa at nahuhulog: **31** pero silang naghihintay
kay Yahweh ay panunumbalikin ang kanilang kalakasan;
pumailanglang sila ng may pakpak tulad ng mga agila; sila
ay tatakbo at hindi manghihina; sila ay maglalakad at hindi
mahihimatay.

**41** Sa aking harapan ay makinig kayo nang tahimik,
kayong mga nakatira sa baybayin; hayaan niyong
bumalik ang lakas ng mga bansa; hayaan silang lumapit
at magsalita; hayaan tayong magkasamang lumapit para
pag-usapan ang hindi pagkakaunawaan. **2** Sinong nagbuyo
ng isang ito sa silangan? Sino ang tumatawag sa kaniya
sa mabuting kaayusan sa kaniyang paglilingkod? Siya ang
nagbigay ng mga bansa sa kaniya at ginawa siyang may
kakayahan na pasukuin ang mga hari; sila ay ginawang
tulad ng alikabok sa kaniyang espada, parang hinipang
pinaggapasan gamit ang palaso. **3** Hinabol niya sila at
ligtas na nakalagpas, sa isang matuling paglalakbay na
ang daan na ang kaniyang paa ay madaling matapakan.
**4** Sino ang nakagawa at nagtupad ng mga gawang ito?
Sino ang nagpatawag ng mga henerasyon mula sa simula?
Ako, si Yahweh, ang una, at kasama ang mga nahuli, ako
ay siya. **5** Nakita ng mga maliit na pulo at sila'y natakot;
ang mga dulo ng mundo ay nayanig; sila ay dumating. **6**
Ang lahat ay tumulong sa kaniyang kapit-bahay, at ang
bawat isa ay nagsabi sa isa't isa, 'lakasan mo ang loob
mo'. **7** Kaya sinikap ng karpintero ang pagpapanday ng
ginto, at ang siyang nagtatrabaho gamit ang martilyo ay
hinikayat ang siyang nagtatrabaho gamit ang maso, na
sinasabi ng nanghihinang, 'ito ay maganda' Ito ay kanilang
ikinabit gamit ang mga pako para hindi ito bumaliktad. **8**
Pero kayo, Israel, na aking lingkod, Jacob na siyang aking
pinili, ang anak ni Abraham na aking kaibigan, **9** ikaw na
ibabalik ko mula sa dulo ng mundo, at siyang tinawag ko
mula sa malalayong mga lugar, at sa aking sinabihan, “Ikaw
ang aking lingkod;” pinili kita at hindi tinanggihan. **10** Huwag
kang matakot, sapagkat ako ay kasama mo. Huwag kang
mabalisa, sapagkat ako ang iyong Diyos. Pagtitibayin kita, at
tutulungan kita, at aalalayan kita sa pamamagitan ng aking
kanang kamay ng aking marapat na tagumpay. **11** Tingnan
mo, sila ay mahihiya at manliliit, lahat nang nagagalit sa
iyo; sila ay papanaw at maglalaho, silang kumakalaban sa
iyo. **12** Hahanapin mo at hindi matatagpuan silang mga
nakipaglaban sa iyo; silang nakipagdigma laban sa iyo ay
papanaw, ganap nang mawawala. **13** Sapagkat ako, si
Yahweh na iyong Diyos, ay hahawakan ang iyong kanang
kamay, sasabihin sa iyo, 'Huwag kang matakot; tutulungan
kita.' **14** Huwag matakot, Jacob ikaw na uod, at kayong
mga Israelita; tutulungan ko kayo” — ito ang pahayag ni
Yahweh, ang iyong tagapagligtas, ang Banal ng Israel. **15**
Tingnan, ginagawa ko kayong katulad ng isang matalas na
karetang panggiik; bago at dalawang talim; inyong gigiikin
ang mga kabundukan at dudurugin sila; ang mga burol ay
gagawin mong tulad ng ipa. **16** Tatahipan mo at tatangayin
sila ng hangin; ikakalat sila ng hangin. Ikaw ay magagalak
kay Yahweh, ikaw ay magagalak sa Banal ng Israel. **17**
Naghahanap ng tubig ang mga api at nangangailangan,
pero doon ay wala, at ang kanilang mga dila ay tigang sa
uhaw; Ako, si Yahweh, ang tutugon sa kanilang panalangin;
Ako, ang Diyos ng Israel, ay hindi sila pababayaan. **18**
Gagawa ako ng batis na aagos sa mga hilig ng lupa, at
mga bukal sa kalagitnaan ng mga lambak; ang disyerto
ay gagawin kong lawa ng tubig, at ang tuyong lupain sa
bukal ng batis. **19** Sa ilang, ang sedro, ang akasya, at ang
mertel, at ang puno ng oliba ay lalago; ako ang magsasanhi
para lumago sa disyerto ang puno ng igos, puno ng pino, at
ng saypres. **20** Gagawin ko ito para makita ng mga tao,
kilalanin at maunawaan ng lahat, na ang kamay ni Yahweh
ang gumawa nito, na ang Banal ng Israel ang lumikha nito.
**21** “Ihain mo ang iyong kaso”, sabi ni Yahweh, “sabihin mo
ang iyong pinakamagagaling na katuwiran para sa iyong
mga diyus-diyusan', sabi ng Hari ni Jacob. **22** Hayaan mong
dalhin nila sa atin ang kanilang sariling mga argumento,
hayaan mo silang lumapit sa atin at ipahayag sa atin ang
mangyayari, para malaman nating mabuti ang mga bagay

na ito. Hayaan mong sabihin nila sa atin ang mga bagay na
noo'y ipinahayag na mangyayari, para ang mga ito ay mapag-
isipan namin at para malaman kung paano ito natupad. **23**
Magsabi kayo ng mga bagay tungkol sa hinaharap, para
malaman natin kung kayo ay mga diyos; gumawa kayo ng
mabuti o masama, para kami ay matakot at mapabilib. **24**
Tingnan mo, ang inyong diyus-diyusan ay walang kwenta,
at ang inyong mga gawa ay walang kabuluhan, sinumang
pumili sa inyo ay kasuklam-suklam. **25** Ako ay may isang
itinalaga mula sa hilaga, at siya ay dumating na; mula sa
pagsikat ng araw tinawag ko siyang tumatawag sa aking
pangalan, at kaniyang yuyurakan ang mga pinuno gaya ng
putik, gaya ng manggagawa ng palayok na nakatungtong
sa luad. **26** Sino ang naghayag nito mula nung umpisa,
para maaari nating malaman? At bago ang panahon maaari
nating sabihin, "Siya ay tama"? Tunay nga na wala nag-utos
nito, oo, walang nakarinig na nagsabi ka ng kahit ano. **27**
Una kong sinabi kay Sion, "masdan ninyo, nandito na sila;"
nagpadala ako ng tagapagbalita sa Jerusalem. **28** Walang
sinuman ang nandoon nang ako ay tumingin, walang ni
isa sakanila ang makapagbibigay ng mabuting payo, sino,
kapag ako ay nagtanong, ang makakasagot. **29** Masdan na,
lahat sila ay walang kabuluhan, at ang kanilang mga gawa
ay walang kahulugan; ang kanilang mga diyus-diyusan ay
hangin at walang alam.

**42** Masdan, aking lingkod, na aking itinataas; ang aking
pinili, sa kaniya ako ay nagagalak. Ang aking Espiritu
ay nasa kaniya; siya ang magdudulot ng katarungan sa
mga bansa. **2** Hindi siya iiyak o hihiyaw o magtataas ng
boses sa lansangan. **3** Ang napitpit na tambo ay hindi niya
mababali, at hindi niya maaapula ang mahinang apoy ng
mitsa: siya ay matapat na magsasagawa ng katarungan. **4**
Siya ay hindi manglulupaypay o mapanghihinaan ng loob
hanggang matatag niya ang katarungan sa mundo; at ang
mga nakatira sa babayin ay maghihintay sa kaniyang batas.
**5** Ito ang sinabi ni Yahweh ating Diyos, na siyang lumikha ng
kalangitan at naglatag sa kanila; siyang naglatag ng mundo
at binigyang buhay ito; siyang nagbigay ng hininga sa mga
tao doon, at buhay sa mga namumuhay doon: **6** "Ako, si
Yahweh, ang tumawag sa iyo sa katuwiran at hahawak sa
iyong kamay. Iingatan kita at itatakda kita bilang tipan para
sa mga tao, bilang isang liwanag para sa mga dayuhan, **7**
para buksan ang mga mata ng bulag, para palayain ang mga
bilanggo mula sa piitan, at mula sa tahanan ng pagkakulong
silang mga nakaupo sa kadiliman. **8** Ako si Yahweh, iyon
ang aking pangalan; at ang aking kaluwalhatian ay hindi
ko ibabahagi sa iba ni ang aking papuri sa mga inukit na
mga diyus-diyusan. **9** Tingnan mo, ang mga nakaraang
mga bagay ay nangyari na, ngayon ay ipapahayag ko ang
mga bagong kaganapan. Bago sila magsimulang mangyari
sasabihin ko sa iyo ang tungkol sa kanila." **10** Umawit kay
Yahweh ng bagong awitin, at ang kaniyang kapurihan mula
sa dulo ng mundo; ikaw na bumaba sa dagat, at ang lahat
ng nakapaloob dito, ang mga baybayin at silang naninirahan
doon. **11** Hayaan ang disyerto at ang mga lungsod na
tumawag, ang mga nayon kung saan na namumuhay ang
Cedar, sumigaw ng may kagalakan! Hayaang umawit ang
mga nakatira sa Sela; hayaan silang sumigaw mula sa tuktok
ng mga bundok. **12** Hayaan silang magbigay kaluwalhatian
kay Yahweh at magpahayag ng kaniyang papuri sa mga
baybayin. **13** Si Yahweh ay lalabas bilang isang mandirigma;
siya ay magpapatuloy bilang isang lalaking pangdigmaan.
Kaniyang ipupukaw ang kasigasigan. Siya ay sisigaw, oo,
siya ay hihiyaw ng kaniyang hiyaw na pandigmaan; ipapakita
niya sa kaniyang mga kaaway ang kaniyang kapangyarihan.
**14** Nanahimik ako ng mahabang panahon; ako ay hindi
kumibo at nagpigil sa sarili; ngayon iiyak ako gaya ng isang
babaeng nanganganak; ako ay maghahabol ng hininga at
hihingalin. **15** Aking wawasakin ang mga bundok at mga
burol at patutuyuin ko ang lahat ng kanilang pananim; at
ang mga ilog ay gagawin kong mga isla at patutuyuin ko
ang mga sapa. **16** Dadalhin ko ang bulag sa daan na hindi
nila alam; dadalhin ko sila sa mga landas na hindi nila
alam na dadalhin ko sila. Ang kadiliman ay gagawin kong
liwanag sa harap nila at itutuwid ang baluktot na mga lugar.
Ang mga bagay na ito ay aking gagawin, at hindi ko sila
pababayaan. **17** Sila ay tatalikuran, at sila ay ganap na
mailalagay sa kahihiyan, silang nagtitiwala sa mga inukit na
mga diyos-diyusan, na nagsasabi sa mga hinulmang bakal
na mga diyus-diyosan, "kayo ang aming mga diyos." **18**
Makinig kayo, kayong mga bingi; at tumingin, kayong bulag,
para kayo ay makakita. **19** Sino ang bulag kundi ang aking
lingkod? O bingi gaya ng mensaherong aking pinadala? Sino
ang kasing bulag gaya ng aking tipan ng kasunduan, o bulag
gaya ng lingkod ni Yahweh? **20** Maraming kang nakikitang
mga bagay, pero hindi nauunawaan; ang mga tainga nila
ay nakabukas, pero walang nakaririnig. **21** Nagpapalugod
kay Yahweh ang mapapurihan ang kaniyang katarungan
at maluwalhati ang kaniyang mga kautusan. **22** Pero ito
ang mga taong nanakawan at nasamsaman; silang lahat ay
nakulong sa mga hukay, nabihag sa mga bilangguan; sila ay
naging isang inagaw na walang sinumang makakasagip sa
kanila at walang makakapagsabi, "ibalik sila!" **23** Sino sa
inyo ang makikinig nito? Sino ang makikinig at pakikinggan
ang hinaharap? **24** Sino ang nagbigay kay Jacob sa mga
magnanakaw, at ang Israel sa mga mandarambong? Hindi ba
si Yahweh, laban sa kaniya na nagawan natin ng kasalanan,
kaninong daan tayo nakagawa ng kasalanan, kaninong mga

daan tayo tumangging lumakad, at kaninong batas tayo
tumangging sumunod? **25** Kaya ibinuhos niya ang kaniyang
mabangis na galit laban sa kanila, kasama ang pagkawasak
ng digmaan. Ito ay nagliyab sa kanilang kapaligiran, pero
hindi nila ito maunawaan; tinupok sila nito, pero hindi nila ito
isinapuso.

**43** Pero ngayon ito ang sinasabi ni Yahweh, ang siyang
lumikha sa iyo, Jacob, at siyang humubog sa iyo,
Israel: “huwag kang matakot, sapagkat tinubos kita; tinawag
kita sa iyong pangalan, ikaw ay akin. **2** Kapag ikaw ay
dumaraan sa mga tubigan, ako ay kasama mo; at sa mga
ilog, hindi ka malulunod. Kapag ikaw ay lumalakad sa apoy,
hindi ka masusunog, ni sa apoy ay hindi ka masasaktan. **3**
Dahil ako si Yahweh ang iyong Diyos, ang Banal ng Israel,
iyong Tagapagligtas. Ibinigay ko na pang tubos sa iyo ang
Ehipto, Etiopia at ang Seba kapalit mo. **4** Dahil ikaw ay
mahalaga at natatangi sa aking paningin, mahal kita; kaya
magbibigay ako ng mga tao kapalit mo, at ibang mga tao sa
iyong buhay. **5** Huwag kang matakot, dahil ako ay kasama
mo; aking dadalhin ang iyong lahi mula sa silangan, at
titipunin kayo mula sa kanluran; **6** Aking sasabihin sa hilaga,
'ibalik sila;' at sa timog, 'huwag silang pigilan' Dalhin ang
aking mga anak na lalaki mula sa malayo, at aking mga
anak na babae mula sa malayong mga lugar ng mundo, **7**
ang lahat ng tumatawag sa aking pangalan, na aking nilikha
para sa aking kaluwalhatian, na aking hinubog, oo, na aking
ginawa. **8** Ilabas ang mga bulag na may mga mata, at
ang bingi, kahit siya ay may mga tainga. **9** Ang lahat ng
bansa ay sama-samang magtitipon, at magpupulong ang
mga bayan. Sino sa kanilang ang maaaring makapagsasabi
nito at makapagpapahayag ng mga unang kaganapan?
Hayaan silang dalhin ang kanilang saksi para patuyan na
sila ay tama, hayaan silang makinig at pagtibayin, 'ito ay
katotohanan,' **10** Kayo ang aking mga saksi, “ipinapahayag ni
Yahweh, “at aking lingkod na aking pinili, para malaman ninyo
at maniwala kayo sa akin, at inyong mauunawaan na Ako ay
siya nga. Walang nilikhang ibang diyos sa aking harapan, at
walang makasusunod sa akin. **11** Ako, Ako ay si Yahweh, at
wala nang ibang tagapagligtas maliban sa akin. **12** Nagsalita
ako, nagligtas, at nagpahayag na walang ibang diyos sa
gitna ninyo. Kayo ang aking mga saksi,” Ipinapahayag ni
Yahweh, “Ako ang Diyos. **13** Mula sa araw na ito Ako ay
siya, at walang makakasagip sa sinuman mula sa aking
kamay. Ako ang gagawa, at sinong ang makakabalik nito?”
**14** Ito ang sinasabi ni Yahweh, ang inyong Manunubos, ang
Banal ng Israel: “Dahil sa inyong kapakanan nagsugo ako sa
Babilonia at pinangunahan ang pagbagsak nila gaya ng mga
pugante, ginawang mga awit ng panaghoy ang kapahayagan
ng kasiyahan ng Babilonia. **15** Ako si Yahweh, ang Banal,
ang lumikha ng Israel, ang inyong Hari.” **16** Ito ang sinasabi
ni Yaweh ( na siyang nagbukas ng isang daan sa dagat,
at isang landas sa malawak na katubigan, **17** na siyang
naglabas ng mga karwahe at kabayo, ang kawal at ang
makapangyarihang hukbo. Sila ay magkakasamang nahulog
sa baba; sila ay hindi na babangon muli; sila ay malilipol,
pinatay tulad ng isang nag-aapoy na mitsa.) **18** Huwag
ninyong isipin ang mga dating pangyayari, ni alalahanin ang
mga bagay na nangyari noong unang panahon. **19** Masdan
mo, ako ay gagawa ng isang bagong bagay; ngayon ito
ay magsisimulang mangyari; hindi mo ba ito naunawaan?
Gagawa ako ng isang daanan sa disyerto at batis ng tubig
sa ilang. **20** Pararangalan ako ng mga mababangis na hayop
sa bukid, ang mga asong-gubat at mga ostrich, dahil ako ay
magbibigay ng tubig sa ilang, at ng mga ilog sa disyerto,
para painumin ang aking bayan na pinili, **21** Ang bayang ito
na aking hinubog para sa aking sarili, para isalaysay nila ang
aking kapurihan. **22** Pero hindi ka tumawag sa akin, Jacob;
Ikaw ay nagsawa na sa akin, O Israel. **23** Hindi mo dinala
sa akin ang alinman sa iyong mga tupa bilang handog na
susunugin; ni pinarangalan mo ako ng iyong mga alay. Hindi
ko kayo pinahirapan sa mga handog na butil, ni pinagod
kayo sa mga handog na insenso. **24** Hindi mo ako binilihan
ng mabangong tubo gamit ang pera, o binigyan man ng taba
ng iyong mga alay; pero binigyan mo ako ng pabigat dahil sa
ginawa mong mga kasalanan, pinagod mo ako sa iyong mga
masasamang gawain. **25** Ako, oo, ako, ang siyang nag-aalis
ng iyong mga kasalanan para sa aking kapakanan; at hindi
ko na tatandaan pa ang iyong mga kasalanan kahit kailan.
**26** Ipaalaala mo sa akin kung ano ang nangyari. Magkasama
tayong pagusapan ito; Ihain mo ang iyong hangarin, para
mapatunayang ikaw ay walang kasalanan. **27** Nagkasala
ang iyong unang ama, at ang iyong mga pinuno ay lumabag
laban sa akin. **28** Kaya aking dudungisan ang mga banal na
pamunuan; ibibigay ko sa ganap na pagkawasak si Jacob at
sa labis na kahihiyan ang Israel.”

**44** Ngayon makinig ka, Jacob aking lingkod, at Israel, na
aking pinili: **2** Ito ang sinasabi ni Yahweh, ang lumikha
sa iyo at humubog sa iyo sa sinapupunan at siyang tutulong
sa iyo: Huwag kang matakot, O Jacob na aking lingkod;
at ikaw, Jeshurun, na aking pinili. **3** Dahil aking ibubuhos
ang tubig sa uhaw na lupa, sa tuyong lupa dadaloy ang
mga batis, at ibubuhos ko sa iyong mga supling ang aking
Espiritu, at ang mga anak mo ay pagpapalain. **4** Sila ay
sisibol sa gitna ng damo, gaya ng mga puno sa tabi ng mga
tubig sa batis. **5** Sasabihin ng isa, 'Ako ay kay Yahweh;
' at ang isa ay ipapangalan kay Jacob; at ang isa pa ay
isusulat sa kaniyang kamay 'Pag-aari ni Yahweh' at tatawagin
sa pangalan ng Israel.” **6** Ito ang sinasabi ni Yahweh -

ang Hari ng Israel at kaniyang Manunubos, Yahweh ng
mga hukbo: “Ako ang una, at ako ang huli; walang ibang
Diyos kundi ako. **7** Sino ang katulad ko? Hayaan siyang
ipahayag ito at ipaliwanag sa akin ang mga nangyari simula
nang aking itinatag ang sinaunang bayan, at hayaan silang
ipahayag ang mga pangyayaring darating. **8** Huwag matakot
o mangamba. Hindi ba ipinahayag ko sa iyo nang unang
panahon, at ipinaalam ito? Kayo ang aking mga saksi: May
ibang Diyos ba maliban sa akin? Walang ibang Bato; wala
akong ibang kilala.” **9** Silang nagbibigay anyo sa diyus-
diyosan ay walang halaga; at ang mga bagay na kanilang
kinatutuwaan ay walang saysay; ang kanilang mga saksi ay
hindi nakakikita o nakakaalam ng anumang bagay, at sila
ay malalagay sa kahihiyan. **10** Sino ang huhulma ng isang
diyos o maghuhugis ng diyus-diyosan na walang halaga? **11**
Masdan mo, ang lahat ng kaniyang mga kasama ay ilalagay
sa kahihiyan; ang mga mang-uukit ay tao lamang. Hayaan
mo silang magsama-sama sa kanilang paninindigan; sila
ay yuyukod at malalagay sa kahihiyan. **12** Ang panday ay
gumagawa sa pamamagitan ng kaniyang mga kagamitan,
naghuhulma ito, gumagawa sa init ng nagbabagang bato.
Gamit ang maso at kaniyang malalakas na bisig hinubog niya
ito. Siya ay nagugutom, at ang kaniyang lakas ay nawawala;
siya ay hindi umiinom ng tubig at nanghihina. **13** Sinusukat
ng karpintero ang kahoy ng isang pisi at tinatandaan ng
pantanda. Nagkakahugis ito sa pamamagitan ng kaniyang
mga kagamitan at tinatandaan ito gamit ang mga kompas.
Kaniyang hinuhubog ito sa anyo ng isang tao gaya ng
isang kaakit-akit na tao, para ito ay ilagay sa isang altar.
**14** Pumuputol siya ng mga cedar, o pumipili siya ng puno
ng sipres o isang puno ng ensena. Siya ay kumukuha ng
mga puno sa kagubatan para sa kaniyang sarili. Siya ay
nagtatanim ng puno ng pir at pinalalaki ito ng ulan. **15**
Pagkatapos ginagamit ito ng tao bilang pangsiga kung saan
siya nagpapainit. Oo, pinaliliyab niya ang isang apoy at
pinangluluto ng tinapay. Pagkatapos ginagawa niya mula dito
ang isang diyos at sasambahin ito. **16** Kaniyang iginagatong
ang ilang bahagi ng kahoy sa apoy, iniihaw ang kaniyang
karne dito. kumain siya at nabubusog. Kaniyang nadarama
ang init at sinasabi, “Ah, ako ay naiinitan, aking nakita ang
apoy.” **17** Siya ay gumagawa ng diyos sa pamamagitan
ng tirang kahoy, kaniyang inukit na imahe; at kaniyang
niluluhuran ito at ginagalang ito, at nananalangin dito at
sinasabing, “Iligtas mo ako, sapagkat ikaw ang aking diyos.”
**18** Hindi nila nalalaman, ni naiintindihan, dahil ang kanilang
mga mata ay bulag at hindi nakakakita, at ang kanilang
mga puso ay hindi nakakaunawa. **19** Walang sinumang
nakaka-isip, ni nakakaunawa at sinasabi, “Aking iginatong
ang bahagi ng kahoy sa apoy; oo, ako ay nagluto rin ng
tinapay sa mga baga nito; ako ay nag-ihaw ng karne sa baga
nito at kumain. Ngayon gagawin ko ba ang ibang bahagi ng
kahoy sa isang bagay na kasuklam-suklam para sambahin?
Dapat ba akong lumuhod sa isang piraso ng kahoy?” **20**
Para bang siyang kumakain ng abo; ang kaniyang nadayang
puso ay niligaw siya. Hindi niya mailigtas ang kaniyang sarili,
ni masabi, “Ang bagay na ito sa aking kanang kamay ay
isang bulaang diyos.” **21** Iyong alalahanin tungkol sa mga
bagay na ito, O Jacob, at Israel, dahil kayo ay aking lingkod:
kayo ay aking nilikha; ikaw ang aking lingkod: Israel, ikaw ay
hindi ko malilimutan. **22** Isinantabi ko, tulad ng makapal na
ulap, ang iyong mga mapanghimagsik na mga gawain; at
gaya ng isang ulap, ang iyong mga kasalanan; manumbalik
ka sa akin, sapagkat tinubos kita. **23** Umawit kayo, kayong
mga kalangitan, dahil si Yahweh ay kumilos; sumigaw kayo,
kayong mga nasa kailaliman ng lupa; magsimula kayong
umawit, kayong mga bundok, at kayo, mga gubat, sa bawat
puno; dahil tinubos ni Yahweh si Jacob, at ipapakita ang
kaniyang kaluwalhatian sa Israel. **24** Ito ang sinasabi ni
Yahweh, iyong Manunubos, na siyang humubog sa iyo
mula sa sinapupunan: Ako si Yahweh, na gumawa ng
lahat ng bagay, na nag-iisang naglatag ng kalangitan, na
nagiisang naghugis ng kalupaan. **25** Ako na humahadlang
sa mga hula ng mga sinungaling at silang mga bumabasa
ng mga hula; Binabaliktad ko ang karunungan ng mga
pantas at ginagawang kamangmangan ang kanilang payo.
**26** Ako si, Yahweh! - ang nagpapatupad ng mga pahayag
ng kaniyang lingkod at isinasagawa ang payo ng kaniyang
mga mensahero, na nagsasabi ng tungkol sa Jerusalem,
'Siya ay pananahanan' at ang mga lungsod ng Juda, sila ay
muling itatatag, at ibabangon ko ang kanilang mga wasak na
lugar' **27** na sinasabi sa malalim na karagatan, ' matuyo
ka, at aking tutuyuin ang iyong mga agos— **28** na siyang
nagsasabi tungkol kay Ciro, 'Siya ang aking pastol, gagawin
niya ang lahat ng naisin ko' - kaniyang ipag-uutos tungkol sa
Jerusalem, 'Hayaan siyang muling maitatag,' at ang tungkol
sa templo, 'Hayaan na ang pundasyon mo ay mailatag.”

**45** Ito ang sinasabi ni Yahweh, sa kaniyang hinirang,
kay Ciro na ang kanang kamay ay aking hawak, para
lupigin ang mga bansa sa harap niya, para tanggalan ng
sandata ang mga hari, at para buksan ang mga pintuan
sa kaniyang harapan, kaya ang mga tarangkahan ay
mananatiling nakabukas: **2** Ako ay mauuna sa iyo at ang
mga bundok ay aking papatagin; aking wawasakin ang mga
pintuang tanso at puputol-putulin ang kanilang bakal na
rehas, **3** at ibibigay ko sa iyo ang mga kayamanang nasa
kadiliman at ang mga natatagong kayamanan, para inyong
malaman na ako ito, si Yahweh, na tumatawag sa iyong
pangalan, ako, ang Diyos ng Israel. **4** Para sa kapakanan ni

Jacob na aking lingkod, at sa Israel na aking pinili, tinawag
kita sa iyong pangalan: bibigyan ka ng isang pangalan na
may karangalan, kahit hindi mo ako kinilala. **5** Ako si Yahweh,
at walang iba; walang ibang Diyos maliban sa akin. Bibigyan
kita ng sandata para sa digmaan, kahit hindi mo ako kinilala;
**6** Para malaman ng mga tao mula sa pagsikat ng araw, at
mula sa kanluran, na walang ibang diyos maliban sa akin:
ako si Yahweh, at wala ng iba. **7** Ako ang lumikha ng liwanag
at dilim; Ako ang nagbibigay ng kapayapaan at lumilikha ng
kapahamakan; Ako si Yahweh, na gumagawa ng lahat ng
bagay na ito. **8** Kayong mga langit, ibagsak ninyo ang ulan
mula sa itaas! Hayaan ang mga himpapawid na umulan
ng makatarungang kaligtasan. Hayaan ito ay sipsipin ng
lupa, nang kaligtasan ay sumibol, at kasama nito tutubo ang
katwiran. Ako, si Yahweh, ang lumikha sa kanilang dalawa.
**9** Kaawa-awa ang sinumang nakikipagtalo sa lumalang sa
kanya! Isang basag na palayok sa kalagitnaan ng lahat ng
basag na palayok sa lupa! Dapat bang sabihin ng putik
sa manlililok,' 'Ano ang iyong ginagawa? o, Ano ang iyong
nililikha— wala ka bang mga kamay noong likhain mo ito?
**10** Kaawa-awa ang nagsasabi sa isang ama, Para saan pa
ang iyong pagiging ama? o sa isang babae, 'para saan at
ikaw ay manganganak pa?' **11** Ito ang sinasabi ni Yahweh,
ang Banal ng Israel, kaniyang Manlilikha: tungkol sa mga
bagay na darating, tinatanong ninyo ba ako tungkol sa aking
mga anak? Sasabihin niyo ba sa akin kung ano ang gagawin
ko sa gawa ng aking mga kamay?' **12** Aking nilikha ang
lupa at nilalang ang tao mula rito. Itong aking mga kamay
ang naglatag ng kalangitan, at aking inutos sa lahat ng mga
bituin na lumitaw. **13** Pinakilos ko si Ciro sa katuwiran, at
tutuwirin ang lahat ng kaniyang mga landas. Itatayo niya ang
aking lungsod; pauuwiin niya ang aking bayang ipinatapon,
nang walang kapalit na bayad o suhol, "sinasabi ni Yahweh
ng mga hukbo. **14** Ito ang sinasabi ni Yahweh, "Ang yaman
ng Ehipto, at pangangalakal ng Ethiopia sa mga Sabeo, mga
taong matataas ang kalagayan, ay dadalhin sa iyo. Sila ay
magiging inyo. Sila ay magsisisunod sa inyo, magsisidating
na may mga tanikala. Sila ay magpapatirapa sa iyo, at sila
ay makikiusap sa iyo na sinasabing, Tunay na ang Diyos
ay nasa iyo, at walang iba liban sa kanya. **15** Tunay nga
na ikaw ay isang Diyos na kinukubli ang iyong sarili, Diyos
ng Israel, na Tagapagligtas. **16** Mapapahiya at kahiya-hiya
silang lahat; silang mga gumagawa ng diyus-diyosan ay
lalakad sa kahihiyan. **17** Pero ang Israel ay ililigtas ni Yahweh
nang walang hanggang kaligtasan; kayo ay hindi na muli
mapapahiya. **18** Ito ang sinasabi ni Yahweh, na lumikha
ng kalangitan, ang tunay na Diyos na gumawa ng lupa at
lumikha nito, na siyang nagtatag nito. Kaniyang nilikha ito,
hindi para masayang, para panahanan: "Ako si Yahweh, at
wala akong kapantay. **19** Ako ay hindi nagsalita ng palihim,
sa mga tagong lugar; hindi ko sinabi sa lahi ni Jacob,
'Hanapin ninyo ko ng walang katuturan!' Ako si Yahweh,
ay nagsasalita ng totoo; inihahayag ko ang mga bagay
na matuwid. **20** Tipunin ang inyong mga sarili at lumapit!
Magsama-sama kayong mga nakasumpong ng kanlungan
mula sa mga bansa! Sila ay walang nalalaman, sila na
nagdadala ng larawang inukit at nanalangin sa mga diyos
na hindi nakapagliligtas. **21** Magsilapit at ipahayag ito sa
akin, magdala ng katibayan! Hayaan silang magsisabwatan.
Sino ang nagpakita nito mula nang unang panahon? Sinong
nagpahayag nito? Hindi ba ako, na si Yahweh? At walang
ibang Diyos maliban sa akin, ang makatarungang Diyos at
ang Tagapagligtas; walang iba maliban sa akin. **22** Bumalik
kayo sa akin at maligtas, lahat ng nasa sulok ng mundo; dahil
ako ang Diyos, at walang ibang diyos. **23** Ako ay sumusumpa
sa aking sarili, sinasabi ang aking makatarungang atas,
at hindi ito babalik: Sa akin ang bawat tuhod ay luluhod,
bawat dila ay susumpa, **24** na nagsasabing, "Kay Yahweh
lamang ang kaligtasan at kalakasan. Ang lahat ng nagagalit
sa kaniya ay manliliit sa kahihiyan sa kaniyang harapan.
**25** Kay Yahweh, ang lahat ng kaapu-apuhan ng Israel ay
mapapawalang sala; ipagmamalaki nila siya.

**46** Si Bel ay nagpatirapa, si Nebo ay yumuyukod;
nabigatan ang mga hayop na nagdadala ng kanilang
diyus-diyosan. Ang mga diyus-diyosan na kanilang dala
ay mabigat na pasanin sa mga pagod na mga hayop.
**2** Magkakasama silang yumuyukod at lumuluhod; hindi
nila mailigtas ang imahe, at sila mismo ay mapupunta
sa pagkabihag. **3** Makinig kayo sa akin, sambahayan ni
Jacob, at lahat kayo, ang mga nalabi sa sambahayan ni
Jacob, kayong inalagaan ko mula sa inyong pagsilang, na
maalagaan mula sa sinapupunan: **4** Hanggang sa katandaan
ay Ako ay siya nga, at hanggang sa magkauban ay dadalhin
kita. Ginawa kita, at tutulungan kita, akin kitang dadalhin sa
kaligtasan. **5** Kanino ninyo ako itutulad? at kanino ninyo ako
ipaparis, para kami ay ihambing? **6** Sila ay nagbuhos ng
ginto mula sa supot at nagtitimbang ng pilak sa timbangan.
Sila ay umuupa ng isang panday, at ginagawa niya ito ng
isang diyos; sila ay nagpapatirapa at sinasamba ito. **7**
Pinapasan nila ito sa balikat at dinadala nila ito; inilalagay ito
sa kaniyang lugar, at ito ay nakatayo sa kaniyang lugar at
hindi gumagalaw mula dito. Tumatawag sila dito, gayun man
hindi ito makakasagot ni makapagliligtas ng sinuman sa
kanilang kaguluhan. **8** Tandaan ninyo ang mga bagay na
ito; huwag ninyo itong balewalain, kayong mga suwail! **9**
Isipin ninyo ang mga unang pangyayari, mga nakaraang
panahon, dahil ako ang Diyos, wala ng iba, Ako ay Diyos, at
walang ibang katulad ko. **10** Ipinapahayag ko ang wakas

mula sa pasimula, at mga bagay na mangyayari na hindi
pa nangyayari; Sinasabi ko, “magaganap ang lahat ng
balak ko, at gagawin ko ang lahat ng nais kong gawin.” 11
Tumatawag ako ng ibong mangdadagit mula sa silangan,
ng taong aking pinili mula sa malayong lupain; Oo, ako ay
nagsalita; tutuparin ko rin ito; ako ang nagplano; ako rin ang
gagawa nito. 12 Makinig kayo sa akin, kayong mga taong
matitigas ang ulo; na malayo sa paggawa ng matuwid. 13
Aking inilalapit ang aking kabanalan; ito ay hindi malayo at
ang pagliligtas ko ay hindi maghihintay; at Ibibigay ko ang
kaligtasan sa Sion at ang aking kagandahan sa Israel.

**47** Bumaba ka at umupo ka sa alikabok, birheng anak na
babae ng Babilonia; maupo ka sa lupa nang walang
trono, anak na babae ng mga taga-Caldea. Hindi ka na
magiging kaakit-akit at kahali-halina. 2 Kunin mo ang batong
gilingan at gilingin mo ang harina; tanggalin mo ang iyong
belo, punitin mo ang iyong magandang kasuotan, alisin
mo ang takip ng iyong mga binti, tawirin mo ang mga
batis. 3 Malalantad ang iyong kahubaran, oo, makikita
ang iyong kahihiyan: Maghihiganti ako at walang taong
makakaligtas. 4 Ang aming Tagapagligtas, Yahweh ng mga
hukbo ang kaniyang pangalan, ang Banal ng Israel. 5 Maupo
ka sa katahimikan at pumunta ka sa kadiliman, anak na
babae ng mga taga-Caldea; dahil hindi ka na tatawagin na
Reyna ng mga kaharian. 6 Nagalit ako sa aking bayan;
dinungisan ko ang aking pamana at binigay ko sila sa iyong
kamay, pero hindi mo sila pinakitaan ng awa; nagpatong
ka ng napakabigat na pamatok sa mga matatanda. 7
Sinabi mo, “Mamumuno ako bilang pinakamataas na reyna
magpakailanman.” Hindi mo isinapuso ang mga bagay na
ito, maging inisip kung anong mangyayari sa mga ito. 8 Kaya
ngayon pakinggan mo ito, ikaw na mahilig sa kasiyahan at
nauupo nang may kasiguraduhan, ikaw na sinasabi sa iyong
puso, “Nabubuhay ako, at wala akong katulad; hindi ako
mauupo bilang isang balo kailanman, maging ang maranasan
ang mawalan ng mga anak.” 9 Pero ang dalawang bagay na
ito ay biglang darating sa iyo sa isang araw: ang pagkawala
ng mga anak at pagiging balo; darating sila sa iyo nang
buong lakas, sa kabila ng mga pangkukulam mo at maraming
mga dasal at anting-anting. 10 Nagtiwala ka sa iyong
kasamaan; sinabi mo, “Walang nakakakita sa akin;” nililigaw
ka ng iyong karunungan at kaalaman, pero sinasabi mo sa
iyong puso, “Nabubuhay ako, at walang akong katulad.”
11 Magagapi ka ng sakuna; hindi mo matataboy ito gamit
ang iyong mga dasal. Babagsak sa iyo ang pagkawasak;
hindi mo ito makakayang salagin. Bigla kang tatamaan ng
kalamidad, bago mo pa ito malaman. 12 Magpatuloy ka
sa paggamit ng salamangka at maraming pangkukulam
na tapat mong binibigkas mula pa nang iyong pagkabata;
marahil ay magtatagumpay ka, marahil ay matataboy mo
ang sakuna. 13 Pagod ka na sa marami mong pagsangguni;
hayaan mong tumayo at iligtas ka ng mga lalaking iyon—sila
na tinatala ang kalangitan at tumitingin sa mga bituin, sila na
nagpapahayag ng mga bagong buwan—hayaan mo silang
iligtas ka mula sa mangyayari sa iyo. 14 Tingnan mo, sila
ay magiging parang mga pinaggapasan. Susunugin sila ng
apoy. Hindi nila maliligtas ang mga sarili nila mula sa kamay
ng apoy. Walang uling na magpapainit sa kanila at walang
apoy para tabihan nila! 15 Para sa iyo, wala silang silbi kundi
kapaguran, sila na mga nakasama mo sa pangangalakal
simula noong kabataan mo pa; gagala sila sa kani-kaniyang
landas; kaya walang magliligtas sa iyo.

**48** Pakinggan ninyo ito, sambahayan ni Jacob, na tinawag
sa pangalang Israel, at mula sa semilya ni Juda; kayo
na nanunumpa sa pangalan ni Yahweh at tinatawag ang
Diyos ng Israel, pero hindi taos-puso o sa matuwid na
paraan. 2 Dahil tinatawag nila ang mga sarili nilang mga
mamamayan ng banal na lungsod at nagtitiwala sa Diyos ng
Israel; Yahweh ng mga hukbo ang kaniyang pangalan. 3
“Pinahayag ko ang mga bagay na mula pa dati; lumabas
sila sa aking bibig, at hinayag ko sila; at ginawa ko sila, at
nangyari sila. 4 Dahil alam kong matigas ang ulo ninyo,
kasing tigas ng bakal ang mga leeg ninyo, at parang tanso
ang inyong noo, 5 kaya pinahayag ko ang mga bagay na
ito sa simula pa; ipinaalam ko sa inyo bago sila mangyari,
para hindi ninyo masasabing, 'Ang aking diyus-diyosan ang
gumawa nito,' o 'ang aking inukit na rebulto, o ang aking
bakal na rebulto ang nagtalaga ng mga bagay na ito.' 6
Narinig ninyo ang tungkol sa mga bagay na ito; tingnan
ninyo ang lahat ng mga patunay na ito; at kayo, hindi ba
ninyo aaminin na totoo ang sinabi ko? Mula ngayon, mga
bagong bagay ang ipapakita ko sa inyo, mga nakatagong
bagay na hindi ninyo alam. 7 Ngayon, at hindi mula nung
una, nangyari sila, at bago ngayon hindi ninyo narinig ang
tungkol sa kanila, kaya hindi ninyo masasabing, 'Oo, alam
ko ang tungkol sa kanila.' 8 Hindi ninyo narinig kailanman;
hindi ninyo alam; ang mga bagay na ito ay hindi isiniwalat
sa mga tainga ninyo nung simula pa. Dahil alam ko na
kayo ay napakamapanlinlang, at mapaghimagsik mula sa
kapanganakan. 9 Para sa kapakanan ng pangalan ko
ipagpapaliban ko ang aking galit, at para sa aking karangalan
pipigilin ko ang pagwasak sa inyo. 10 Tingnan ninyo, nilinang
ko kayo, pero hindi bilang pilak; ginawa ko kayong dalisay
sa pugon ng pagdurusa. Para sa kapakanan ko, para sa
kapakanan ko ay kikilos ako; dahil paano ko pahihintulutang
malagay sa kahihiyan ang aking pangalan? 11 Hindi ko
ibibigay ang aking kaluwalhatian sa sinuman. 12 Makinig
kayo sa akin, Jacob, at Israel, na tinawag ko: Ako ay siya;

Ako ang una, Ako rin ang huli. **13** Oo, ang kamay ko ang
naglagay ng pundasyon ng mundo, at ang aking kanang
kamay ang naglatag ng kalangitan; kapag tinatawag ko
sila, sama-sama silang tumatayo. **14** Magtipon kayo, lahat
kayo, at pakinggan; Sino sa inyo ang nagpahayag ng mga
bagay na ito? Ang kakampi ni Yahweh ay tatapusin ang
kaniyang layunin laban sa Babilonia. Gagawin niya ang
kalooban ni Yahweh laban sa mga taga-Caldea. **15** Ako,
Ako ay nagsalita, oo, Ako ang tumawag sa kaniya, Ako
ang nagdala sa kaniya, at magtatagumpay siya. **16** Lumapit
kayo sa akin, makinig kayo dito; mula sa simula hindi ako
nagsalita nang palihim; kapag nangyari ito, nandoon ako; at
ngayon si Yahweh na Panginoon ay pinadala ako, at ang
kaniyang Espiritu." **17** Ito ang sinasabi ni Yahweh, ang inyong
Tagapagligtas, ang Banal ng Israel, "Ako si Yahweh na Diyos
ninyo, na nagtuturo sa inyo kung paano magtagumpay, na
nangunguna sa inyo sa landas na dapat ninyong tahakin. **18**
Kung sinunod ninyo lamang ang aking mga utos! Ang inyong
kapayapaan at kasaganaan sana ay umagos tulad ng ilog,
at ang inyong kaligtasan ay tulad ng mga alon ng dagat. **19**
Ang inyong mga kaapu-apuhan sana ay kasing dami ng
buhangin, at ang mga anak mula sa inyong sinapupunan ay
kasing dami ng mga butil ng buhangin; ang pangalan nila
ay hindi sana pinutol o inalis mula sa aking harapan. **20**
Lumabas kayo mula sa Babilonia! Tumakas kayo mula sa
mga taga-Caldea! Sa tunog ng hiyaw ay ipahayag ninyo
ito! Ipaalam ninyo ito, paabutin ninyo ito sa dulo ng mundo!
Sabihin ninyo, 'Niligtas ni Yahweh ang kaniyang lingkod na
si Jacob.' **21** Hindi sila nauhaw nang hinatid niya sila sa
mga disyerto; pinaagos niya ang tubig mula sa bato para sa
kanila; biniyak niya ang bato, at bumulwak ang tubig. **22**
Walang kapayapaan para sa mga masasama— ang sabi ni
Yahweh."

**49** Makinig kayo sa akin, kayong mga baybayin! At
magbigay kayo ng pansin, kayong mga malalayong tao.
Tinawag ako ni Yahweh sa pangalan mula sa kapanganakan,
nang dinala ako ng aking ina sa mundo. **2** Ginawa niyang
parang matalim na espada ang aking bibig; tinago niya ako
sa anino ng kaniyang kamay; ginawa niya akong pinakinis
na palaso; tinago niya ako sa kaniyang lalagyan ng palaso.
**3** Sinabi niya sa akin, "Ikaw ang aking lingkod, Israel, na
gagamitin ko para ipakita ang aking kaluwalhatian." **4** Kahit
na inakala kong nagsikap ako para sa wala, ginamit ko ang
aking lakas para sa wala, pero ang aking katarungan ay
na kay Yahweh, at ang aking gantimpala ay nasa Diyos
ko. **5** At ngayon ay nagsalita si Yahweh, siya na hinubog
ako mula sa kapanganakan para maging lingkod niya, para
ibalik si Jacob ulit sa kaniyang sarili, at tipunin ang Israel sa
kaniya. Marangal ako sa mga mata ni Yahweh, at ang aking
Diyos ang naging kalakasan ko. **6** Sinasabi niya, "Maliit na
bagay para sa iyo na maging aking lingkod para itatag muli
ang mga tribo ni Jacob, at ibalik ang mga nakaligtas sa
Israel. Gagawin kitang ilaw ng mga dayuhan, na ikaw ang
aking kaligtasan sa dulo ng mundo." **7** Ito ang sinasabi ni
Yahweh, ang Tagapagligtas ng Israel, ang kanilang Banal,
sa isang hinamak ang buhay, kinamuhian ng mga bansa, at
isang alipin ng mga pinuno, "Makikita ka ng mga hari at
tatayo sila, at makikita ka ng mga prinsipe at luluhod sila,
dahil kay Yahweh na tapat, kahit ang Banal ng Israel, na
pumili sa iyo." **8** Ito ang sinasabi ni Yahweh, "Sa oras na
napagpasyahan kong ipakita ang aking pabor, sasagutin kita,
at sa araw ng kaligtasan tutulungan kita; pangangalagaan
kita, at ibibigay kita bilang isang tipan para sa mga tao, para
itayo muli ang lupain, para itakda muli ang pinabayaang
pamana. **9** Sasabihin mo sa mga bilanggo, 'Lumabas kayo;'
sa mga nasa madidilim na kulungan, 'Ipakita ninyo ang
inyong mga sarili.' Manginginain sila sa mga daanan, at
magiging pastulan nila ang mga kalbong dalusdos. **10** Hindi
sila magugutom o mauuhaw; maging ang init o ang araw
ay hindi sila tatamaan, dahil siyang may awa sa kanila ay
pangungunahan sila; gagabayan niya sila sa mga bukal
ng tubig. **11** At gagawin kong daanan ang lahat ng aking
mga bundok, at papatagin ko ang aking mga malawak na
daanan." **12** Tingnan mo, ang mga ito ay nanggaling pa
mula sa malayo, ang iba ay mula sa hilaga at kanluran;
at ang iba ay mula sa lupain ng Syene. **13** Umawit kayo,
mga kalangitan, at magpakasaya ka, kalupaan; umawit
kayo, mga bundok! Dahil inaaliw ni Yahweh ang kaniyang
bayan, at mahahabag sa mga nasasaktan. **14** Pero sinabi
ng Sion, "Pinabayaan ako ni Yahweh, at kinalimutan ako
ng Panginoon." **15** "Makakalimutan ba ng isang babae ang
kaniyang sanggol, na pinasususo sa kaniyang suso, kaya
wala siyang habag sa kaniyang anak na ipinanganak? Oo,
maaaring makalimutan nila, pero hindi kita makakalimutan.
**16** Tingnan mo, sinulat ko ang pangalan mo sa aking mga
palad; nasa harapan ko palagi ang iyong mga pader. **17**
Nagmamadaling bumalik ang mga anak mo, habang ang
mga nagwasak sa iyo ay umaalis na. **18** Tingnan mo ang
paligid mo at masdan, lahat sila ay nagtitipon at papunta
sa iyo. Habang ako ay nabubuhay—ito ang pahayag ni
Yahweh—tiyak na isusuot mo sila na parang mga alahas;
isusuot mo sila, tulad ng babaing ikakasal. **19** Kahit na
basura at pinabayaan ka, isang lupain na nasa mga guho,
ngayon ay masyado kang liliit para sa mga naninirahan, at
silang mga lumamon sa iyo ay lalayo. **20** Ang mga batang
pinanganak sa panahon ng iyong pangungulila ay sasabihin
sa iyong pandinig, 'Masyadong masikip ang lugar na ito para
sa atin, bigyan ninyo kami ng lugar, para manirahan kami

dito.' **21** Pagkatapos ay tatanungin mo ang iyong sarili, 'Sino
ang nagpaanak ng mga batang ito para sa akin? Nangulila
ako at baog, tinapon at hiniwalayan. Sino ang nagpalaki sa
mga batang ito? Tingnan mo, naiwan akong nag-iisa; saan
nanggaling ang mga ito?'" **22** Ito ang sinasabi ni Yahweh na
ating Panginoon, "Tingnan mo, itataas ko ang aking kamay
sa mga bansa; itataas ko ang aking bandilang panghudyat
sa mga tao. Dadalhin nila ang mga anak mong lalaki sa
kanilang mga bisig at bubuhatin nila ang mga anak mong
babae sa kanilang mga balikat. **23** Magiging mga ama-
amahan mo ang mga hari, at mga tagapag-alaga mo ang
mga reyna nila; yuyuko sila sa iyo na nasa lupa ang mga
mukha nila at didilaan nila ang alikabok sa mga paa mo; at
malalaman mo na ako si Yahweh; silang naghihintay sa akin
ay hindi mapapahiya." **24** Maaari bang makuha ang mga
nasamsam mula sa mandirigma, o masagip ang mga bihag
mula sa taong malupit? **25** Pero ito ang sinasabi ni Yahweh,
"Oo, makukuha ang mga bihag mula sa mandirigma, at
ang mga nasamsam ay masasagip; dahil kakalabanin ko
ang iyong kaaway at ililigtas ang iyong mga anak. **26** At
ipapakain ko sa mga nang-aapi sa iyo ang sarili nilang
laman; at malalasing sila sa sarili nilang dugo, na para bang
alak ito; at ang buong sangkatauhan ay malalaman na Ako,
si Yahweh, ang iyong Tagapagligtas at Manunubos, ang
Makapangyarihan ng Jacob."

**50** Ito ang sinasabi ni Yahweh, "Nasaan ang katibayan ng
paghihiwalay na ginamit ko para hiwalayan ang inyong
ina? At kanino sa mga tagapagbili ko kayo pinagbili? Tingnan
ninyo, pinagbili kayo dahil sa inyong mga kasalanan, at
dahil sa inyong paghihimagsik, pinatapon ang inyong ina. **2**
Bakit nagpunta ako pero walang naroroon? Bakit tumawag
ako pero walang sumagot? Masyado bang maiksi ang
kamay ko para tubusin kayo? Wala ba akong kapangyarihan
para iligtas kayo? Tingnan ninyo, sa aking pagsasaway
natutuyo ko ang dagat; ginagawa kong disyerto ang mga
ilog; namamatay ang mga isda nito dahil sa kakulangan
ng tubig at nabubulok. **3** Dinadamitan ko ang himpapawid
ng kadiliman; tinatakpan ko ito ng sako." **4** Binigyan ako
ng Panginoong si Yahweh ng dila na katulad ng mga
marunong, kaya nagsasabi ako ng nakakatulong na salita sa
napapagod; ginigising niya ako bawat umaga; ginigising niya
ang tainga ko para makarinig tulad ng mga marunong. **5**
Binuksan ng Panginoong si Yahweh ang aking tainga, at
hindi ako mapaghimagsik, maging ang tumalikod. **6** Binigay
ko ang aking likod sa mga bumubugbog sa akin, at ang
aking mga pisngi sa mga bumunot ng aking balbas; hindi ko
tinago ang aking mukha mula sa pamamahiya at panunura.
**7** Dahil tutulungan ako ng Panginoong si Yahweh; kaya
hindi ako napahiya; kaya ginawa kong matigas na bato
ang mukha ko, dahil alam kong hindi ako malalagay sa
kahihiyan. **8** Siya na magpapawalang-sala sa akin ay malapit
lang. Sino ang sasalungat sa akin? Tumayo tayo at harapin
ang bawat isa. Sino ang nag-aakusa sa akin? Hayaan ninyo
siyang lumapit sa akin. **9** Tingnan ninyo, tutulungan ako
ng Panginoong si Yahweh. Sino ang magpapahayag na
makasalanan ako? Tingnan ninyo, masisira sila tulad ng
damit; kakainin sila ng gamu-gamo. **10** Sino sa inyo ang
natatakot kay Yahweh? Sino ang sumusunod sa boses
ng kaniyang lingkod? Sino ang naglalakad sa malalim na
kadiliman nang walang liwanag? Dapat siyang magtiwala sa
pangalan ni Yahweh at sumandal sa kaniyang Diyos. **11**
Tingnan ninyo, lahat kayong nagsisindi ng apoy, kayong
nagdadala ng mga sulo: maglakad kayo sa liwanag ng inyong
apoy at sa alab na sinindihan ninyo. Ito ang natanggap ninyo
mula sa akin: hihimlay kayo sa lugar ng kirot.

**51** Makinig kayo sa akin, kayong mga naghahabol ng
katuwiran, kayong naghahanap kay Yahweh: tingnan
ninyo ang bato kung saan kayo tinapyas at sa tibagan ng
bato kung saan kayo tinibag. **2** Tingnan ninyo si Abraham,
ang inyong ama, at si Sara, na nagpanganak sa inyo; dahil
nang siya ay mag-isa, tinawag ko siya. Pinagpala ko siya
at pinarami. **3** Oo, aaliwin ni Yahweh ang Sion; aaliwin
niya ang kaniyang mga napabayaang lugar; ang kaniyang
ilang ay ginawa niyang parang Eden, at ang kaniyang mga
disyerto sa tabi ng lambak ng Ilog Jordan na parang hardin
ni Yahweh; kagalakan at kaligayahan ay matatagpuan sa
kaniya, pasasalamat, at ang tunog ng pag-awit. **4** Pansinin
ninyo ako, aking bayan; at makinig kayo sa akin, aking
bayan! Dahil maglalabas ako ng kautusan, at gagawin kong
ilaw ang aking katarungan para sa mga bansa. **5** Ang aking
katuwiran ay malapit na; lalabas ang aking kaligtasan, at
hahatulan ng aking bisig ang mga bansa; hihintayin ako ng
mga baybayin; sabik nilang hihintayin ang aking bisig. **6** Itaas
ninyo ang inyong mga mata sa himpapawid, at tingnan ninyo
ang lupa sa ibaba, dahil maglalaho ang kalangitan tulad ng
usok, masisira ang mundo tulad ng damit, at mamamatay
ang mga naninirahan dito na parang mga langaw. Pero ang
aking kaligtasan ay magpapatuloy magpakailanman, at ang
aking katuwiran ay hindi titigil na kumilos. **7** Makinig kayo
sa akin, kayong nakakaalam ng tama, kayong mga taong
may batas ko sa inyong puso: Huwag ninyong katakutan
ang mga insulto ng mga tao, maging ang mapanghinaan
ng loob dahil sa kanilang abuso. **8** Dahil kakainin sila ng
gamu-gamo tulad ng damit, at kakainin sila ng bulate tulad
ng lana; pero ang aking katuwiran ay magpakailanman, at
ang aking kaligtasan sa lahat ng salinlahi." **9** Gumising ka,
gumising ka, damitan mo ng kalakasan ang iyong sarili,
bisig ni Yahweh. Gumising ka tulad nung nakaraan, ang

mga salinlahi ng mga sinaunang panahon. Hindi ba ikaw
ang dumurog sa halimaw ng dagat, ikaw na sumaksak sa
dragon? 10 Hindi ba ikaw ang nagpatuyo ng dagat, ang
tubig ng kailaliman, at ginawang daanan ang kailaliman ng
dagat para makadaan ang mga iniligtas? 11 Babalik ang
mga tinubos ni Yahweh at pupunta sa Sion nang may mga
sigaw ng kagalakan at may kaligayahan magpakailanman sa
kanilang mga ulo; at kaligayahan at kagalakan ang mananaig
sa kanila, at lalayo ang kalungkutan at pagluluksa. 12 "Ako,
Ako, ang siyang umaaliw sa inyo. Bakit kayo natatakot sa
mga tao, na mamamatay, ang mga anak ng tao, na ginawa
tulad ng damo? 13 Bakit ninyo nakalimutan si Yahweh na
inyong Manlilikha, na umunat ng kalangitan at naglatag
ng mga pundasyon ng mundo? Kayo ay nasa patuloy na
pangamba araw-araw dahil sa nag-aalab na galit ng mang-
aapi kapag nagpasya siyang magwasak. Nasaan ang galit
ng mang-aapi? 14 Ang isang nakayuko, magmamadali si
Yahweh na pakawalan; hindi siya mamamatay at pupunta
sa hukay, maging ang mawalan ng tinapay. 15 Dahil ako
si Yahweh na inyong Diyos, na ginagambala ang dagat,
para dumagundong ang mga alon—Yahweh ng mga hukbo
ang kaniyang pangalan. 16 Nilagay ko ang aking mga
salita sa inyong bibig, at tinakpan ko kayo ng anino ng
aking kamay, para matanim ko ang kalangitan, mailatag ang
mga pundasyon ng mundo, at sabihin sa Sion, 'Kayo ang
aking bayan.'" 17 Gumising ka, gumising ka, bumangon ka,
Jerusalem, ikaw na ininom ang mangkok ng galit ni Yahweh
mula sa kaniyang kamay; ikaw na ininom ang mangkok, ang
mangkok ng pagsuray, at inubos mo ito. 18 Wala sa lahat ng
mga anak niya ang gagabay sa kaniya; wala sa lahat ng
mga anak niyang pinalaki ang kukuha sa kaniyang kamay.
19 Nangyari sa iyo ang dalawang kaguluhan na ito—sino ang
makikidalamhati sa iyo? —pangungulila at pagkawasak, at
ang taggutom at ang espada. Sino ang aaliw sa iyo? 20
Nahimatay ang mga anak mo; nakahiga sila sa bawat sulok
ng lansangan, tulad ng antilope sa lambat; puno sila ng
galit ni Yahweh, ang pagsaway ng iyong Diyos. 21 Pero
ngayon pakinggan mo ito, ikaw na inapi at lasing, pero hindi
lasing sa alak: 22 Ang iyong Panginoong si Yahweh, na
iyong Diyos, na nakikiusap para sa kapakanan ng kaniyang
bayan, ay sinasabi ito, "Tingnan mo, kinuha ko ang kopa ng
pagsuray mula sa iyong kamay—ang kopa ng tasa ng aking
galit—para hindi mo na ito iinumin muli. 23 Ilalagay ko ito sa
kamay ng mga nagpapahirap sa iyo, silang sinabi sa iyo,
'Mahiga ka, para malakaran ka namin'; ginawa mong tulad
ng lupa ang likod mo at tulad ng lansangan para malakaran
nila."

**52** Gumising ka, gumising ka, Sion; isuot mo ang
iyong kalakasan, Isuot mo ang iyong magagandang
kasuotan, Jerusalem, banal na lungsod; dahil hindi na
muling makakapasok sa iyo ang mga hindi tuli o ang mga
marurumi. 2 Pagpagin mo ang mga alikabok mula sa iyong
sarili; bumangon ka at umupo, Jerusalem; tanggalin mo
ang kadena mula sa iyong leeg, bihag, na anak na babae
ng Sion. 3 Dahil ito ang sinasabi ni Yahweh, "Kayo ay
ipinagbili ng walang bayad, at kayo ay tutubusin ng walang
salapi." 4 Dahil ito ang sinasabi ng Panginoon na si Yahweh,
"Sa panimula ang bayan ko ay bumaba sa Ehipto para
mamuhay doon pansamantala; kamakalailan lamang ay
inapi sila ng Asiria. 5 Ngayon, ano ang mayroon ako dito—ito
ang pahayag ni Yahweh— nakikita ko ang aking bayan
na inilalayo ng walang dahilan? Humahagulgol ang mga
namumuno sa kanila—ito ang pahayag ni Yahweh—ang
aking pangalan ay patuloy na sinisiraan buong araw. 6 Kaya
makikilala ng aking bayan ang pangalan ko; malalaman nila
sa araw na iyon na ako nga ang siyang nagsabi nito. Oo,
ako nga ito!" 7 Kay ganda sa mga kabundukan ang mga
paa ng mensahero na nagdadala ng mabuting balita, na
siyang nagpapahayag ng kapayapaan, na nagdadala ng mga
mabuting balita, na nagpapahayag ng kaligtasan, na sinasabi
sa Sion, "Ang Diyos ninyo ay naghahari!" 8 Makinig kayo, ang
inyong mga bantay ay nilalakasan ang kanilang mga tinig,
sabay sabay silang sumisigaw sa kagalakan, dahil makikita
nila, sa kanilang bawat mata ang pagbabalik ni Yahweh sa
Sion. 9 Magsimula kayong umawit ng sabay-sabay ng may
kagalakan; kayong mga guho ng Jerusalem, dahil inaliw ni
Yahweh ang kanyang bayan: tinubos niya ang Jerusalem. 10
Inilantad ni Yahweh ang kanyang makapangyarihang kamay
sa paningin ng lahat ng mga bansa; makikita ng buong
daigdig ang pagliligtas ng ating Diyos. 11 Umalis kayo,
umalis kayo, lumabas kayo roon; huwag kayong humipo ng
kahit anong maruruming bagay; umalis kayo sa kaniyang
kalagitnaan; dalisayin ninyo ang inyong mga sarili, kayong
mga nagdadala ng mga sisidlan ni Yahweh. 12 Dahil hindi
kayo magmamadaling lumabas, ni aalis kayo nang may
pagkatakot; dahil si Yahweh ang mangunguna sa inyo; at
ang Diyos ng Israel ang magiging bantay sa inyong likuran.
13 Masdan, ang aking lingkod ay makikipagkasundo ng may
karunungan at katagumpayan: siya ay itataas at dadakilain;
siya ay magiging kapuri-puri. 14 Gaya nang maraming
nasisindak sa iyo—ang kanyang anyo ay pinapangit, kaya
ang kanyang hitsura ay malayo sa anumang anyo ng tao—
15 kaya gugulatin niya ang maraming bansa; ititikom ng mga
hari ang kanilang mga bibig dahil sa kanya. Na kung saan
sila hindi nasabihan, makikita nila, na kung saan sila hindi
narinig, ay mauunawaan nila.

**53** Sino ang maniniwala sa aming narinig? At ang bisig
ni Yahweh, kanino ito ipinahayag? 2 Dahil lumaki siya

sa harapan ni Yahweh gaya ng isang supling, at gaya ng
isang usbong sa tigang na lupa; wala siyang taglay na
kapansin-pansin na hitsura o kaningningan; noong makita
namin siya, walang kagandahan para kami ay maakit. **3** Siya
ay hinamak at itinakwil ng mga tao; isang taong maraming
kalungkutan, at siyang pamilyar sa sakit. Kagaya ng isang
pinagtataguan ng mga tao ng kanilang mga mukha, siya
ay hinamak; Itinuring namin siyang hindi mahalaga. **4**
Pero tiyak na pinasan niya ang ating mga karamdaman at
dinala ang ating mga kalungkutan; gayon man ay inakala
natin na pinarusahan siya ng Diyos, pinalo siya ng Diyos,
at pinahirapan. **5** Pero sinaksak siya dahil sa ating mga
ginawang paghihimagsik; nadurog siya dahil sa ating mga
kasalanan. Ang kaparusahan para sa ating kapayapaan ay
nasa kanya, at pinagaling niya tayo sa pamamagitan ng
kanyang mga sugat. **6** Tayong lahat ay gaya ng mga tupang
ligaw; ang bawat isa ay nagkanya-kanyang daan, at ipinataw
sa kanya ni Yahweh ang kasamaan nating lahat. **7** Siya ay
pinahirapan; gayun man nang nagpakumbaba siya, hindi
niya ibinuka ang kanyang bibig, gaya ng isang kordero na
dinadala sa katayan, at gaya ng tupa na bago ito gupitan ay
tahimik, kaya hindi niya ibinuka ang kanyang bibig. **8** Sa
pamamagitan ng pamimilit at paghuhusga siya ay hinatulan;
sino mula sa henerasyon iyon ang nakaalala pa sa kanya?
Pero siya ay nahiwalay mula sa lupain ng mga buhay; dahil
sa mga kasalanan ng aking bayan ay ipinataw sa kanya ang
parusa. **9** Sinadya nilang gumawa ng libingan para sa kanya
kasama ang mga pumapatay, kasama ang isang mayaman
sa kanyang kamatayan, kahit na hindi siya nakagawa ng
anumang karahasan, ni nagkaroon ng anumang pandaraya
sa kanyang bibig. **10** Ito ay kalooban ni Yahweh para durugin
siya at gawin siyang masama; at kung ginagawa niyang
handog ang kanyang buhay para sa kasalanan, makikita
niya ang kanyang mga anak, pahahabain niya ang kanyang
mga araw, at ang kalooban ni Yahweh ay matutupad sa
pamamagitan niya. **11** Pagkatapos niyang magdusa, makikita
niya at masisiyahan sa pamamagitan ng kaalaman kung ano
ang kanyang nagawa. Ang aking matuwid na lingkod ay
ipapawalang-sala ang marami; dadalhin niya ang kanilang
kasamaan. **12** Kaya ibibigay ko sa kanya ang kanyang
kabahagi sa gitna ng maraming tao, at hahatiin niya ang
mga nasamsam sa karamihan, dahil inilantad niya ang
kanyang sarili sa kamatayan at ibinilang siyang kasama ng
mga makasalanan. Dinala niya ang kasalanan ng marami at
namagitan siya para sa mga makasalanan.

**54** “Umawit ka, baog na babae, ikaw na hindi pa
nagkakaanak; ikaw ay biglang umawit nang may galak
at umiyak nang malakas, kayong mga hindi pa kailanman
nakaranas manganak. Dahil ang mga anak ng naulila ay
mas marami kaysa sa mga anak ng babaeng may asawa,”
ang sinasabi ni Yahweh. **2** Gawin ninyong mas malaki ang
inyong tolda at ilatag ang inyong mga kurtina ng tolda nang
mas malawak; nang walang panghihinayang, pahabain ang
inyong mga lubid at patibayin ang inyong mga tulos. **3**
Dahil lalaganap kayo sa kanang kamay at sa kaliwa, at
lulupigin ng inyong mga kaapu-apuhan ang mga bansa
at muling maninirahan sa pinabayaang mga lungsod. **4**
Huwag kayong matakot dahil hindi kayo mapapahiya, ni
panghinaan ng loob dahil hindi kayo dudulutan ng kahihiyan;
makakalimutan ninyo ang kahihiyan ng inyong kabataan
at ang kahihiyan ng inyong pagpapabaya. **5** Dahil ang
inyong Manlilikha ay ang inyong asawa; Yahweh ng mga
hukbo ang kanyang pangalan. At Ang Banal ng Israel ay
ang inyong Manunubos; Tinatawag siyang Diyos ng buong
daigdig. **6** Dahil tinatawag kayo muli ni Yahweh bilang
asawa napabayaan at nagdadalamhati sa espiritu, gaya
ng isang babaeng maagang nag-asawa at itinakwil, Ang
sabi ng iyong Diyos. **7** Sa maikling sandali ay pinabayaan
ko kayo, pero sa matinding kahabagan ay titipunin ko
kayo. **8** Sa pagbaha ng aking galit ay pansamantala kong
itinago ang aking mukha sa inyo; pero sa pamamagitan ng
walang hanggang katapatan sa tipan ay maaawa ako sa
inyo—sinasabi ni Yahweh, ang siyang nagliligtas sa inyo.
**9** Katulad ito ng mga tubig sa panahon ni Noe sa akin:
kagaya ng pagsumpa ko sa mga tubig noong panahon ni
Noe na hindi na muli babahain ang ibabaw ng mundo, kaya
isinumpa kong hindi na ako magagalit sa inyo o sawayin
kayo. **10** Kahit na ang mga bundok ay maaring bumagsak at
yayanigin ang mga burol, gayon man ang aking katapatan
sa tipan ay hindi hihiwalay mula sa inyo, ni ang aking tipan
ng kapayapaan ay mayayanig—sinasabi ni Yahweh, siyang
naaawa sa inyo. **11** Kayo na sinugatan, kayo na tinangay
ng bagyo at walang kaaliwan, masdan ninyo, ilalatag ko
ang inyong daanan sa turkesa at lalatagan ko ng mga
safiro ang inyong mga pundasyon. **12** Gagawin kong mga
rubi ang inyong mga tore at ang inyong mga tarangkahan
ng mga nagniningning na bato, at magagandang bato sa
labas ng inyong pader. **13** At tuturuan ni Yahweh ang lahat
ng inyong mga anak; at ang kapayapaan ng inyong mga
anak ay magiging dakila. **14** Sa katuwiran ay itatatag ko
kayo muli. Hindi na kayo makakaranas ng pag-uusig, dahil
hindi kayo matatakot, walang anumang nakakatakot ang
makakalapit sa inyo. **15** Masdan, kung sinuman ang mag-
uumpisa ng kaguluhan, hindi ito magmumula sa akin; ang
sinumang mag-uumpisa ng kaguluhan sa inyo ay babagsak
sa pagkatalo. **16** Masdan, nilikha ko ang panday na siyang
umiihip sa mga nagbabagang uling at nagpapanday ng
mga sandata bilang kanyang hanapbuhay, nilikha ko ang

manlilipol para lumipol. 17 Walang sandata na ginawa laban
sa inyo ang magtatagumpay; at isusumpa ninyo ang lahat
nang nagpaparatang sa inyo. Ito ang pamana ng mga
lingkod ni Yahweh, at kanilang pagbibigay-matuwid mula sa
akin—ito ang pahayag ni Yahweh.

**55** Lumapit kayo, ang bawat isang nauuhaw, magsiparito
kayo sa tubig! At kayo na walang salapi, bumili kayo at
kumain! Halikayo, bumili kayo ng alak at gatas na walang
pera at walang bayad. 2 Bakit ninyo tinitimbang ang pilak
na hindi naman tinapay? At gumagawa ng hindi naman
nakasisiya? Makinig mabuti sa akin at kainin kung ano ang
mabuti, at malugod kayo sa taba. 3 Ikiling ang inyong mga
tainga at lumapit sa akin! Makinig, upang kayo ay mabuhay!
Tiyak na gagawa ako ng walang hanggang tipan sa inyo,
ang mga gawa ng katapatan sa tipan na ibinigay kay David.
4 Masdan, itinalaga ko siyang saksi sa mga bansa, bilang
pinuno at tagapag-utos ng mga bansa. 5 Masdan, tatawag
kayo sa bansa na hindi ninyo nakikilala; at ang isang bansa
na hindi ninyo kilala ay pupunta sa inyo dahil si Yahweh ang
inyong Diyos, Ang Banal ng Israel, na siyang dumakila sa
inyo." 6 Hanapin si Yahweh habang siya ay maaari pang
matagpuan; tumawag sa kaniya habang siya ay nasa malapit.
7 Hayaaan ang masasama na umalis sa kaniyang landas, at
ang mga kaisipan ng taong nasa kasalanan. Hayaan siyang
manumbalik kay Yahweh, at maaawa siya sa kaniya, at sa
ating Diyos, na siyang lubusang magpapatawad sa kaniya.
8 Dahil ang aking mga kaisipan ay hindi ninyo mga kaisipan,
ni ang inyong mga kaparaanan ay aking kaparaanan—ito ay
pahayag ni Yahweh tungkol sa kanyang sarili— 9 dahil gaya
ng mga langit na mas mataas kaysa sa lupa, kaya ang aking
mga pamamaraan ay mas mataas kaysa sa inyong mga
pamamaraan, at ang aking mga kaisipan kaysa sa inyong
mga kaisipan. 10 Dahil ang ulan at niyebe na bumabagsak
mula sa langit at hindi na bumabalik doon maliban kung
binababaran nila ang lupa at nagpapatubo at nagpapasibol
at nagbibigay binhi sa maghahasik at tinapay sa mga
kumakain, 11 gaya rin ng aking salita na lumalabas sa aking
bibig: hindi ito babalik sa akin nang walang kabuluhan, pero
tutuparin nito ang aking nais, at magtatagumpay kung saan
ko ito ipinadala. 12 Dahil lalabas kayo ng may kagalakan at
magpapatuloy ng may kapayapaan; ang mga bundok at mga
burol ay mag-uumpisang sumigaw nang may kagalakan sa
inyong harapan at lahat ng mga puno sa mga bukirin ay
ipapalakpak ang kanilang mga kamay. Sa halip na mga
matitinik na halaman, tutubo ang mga luntiang halaman; 13
Sa halip na dawag, tutubo ang puno ng mirtel, at magiging
para kay Yahweh, para sa kaniyang pangalan, bilang isang
walang hanggang tanda na hindi mapuputol.

**56** Ito ang sinasabi ni Yahweh. "Sundin kung ano ang
tama, gawin kung ano ang makatarungan; dahil malapit
na ang aking pagliligtas, at ang aking katuwiran ay ibubunyag
na. 2 Mapalad ang taong gumagawa nito, at sa sinumang
mahigpit na humahawak dito. Sumusunod siya sa Araw ng
Pamamahinga, hindi niya ito dinudungisan, at iniingatan ang
kanyang kamay mula sa paggawa ng anumang kasamaan."
3 Huwag ninyong hayaan ang sinumang dayuhan na naging
tagasunod ni Yahweh ang magsabi na, "Tiyak na ihihiwalay
ako ni Yahweh mula sa kanyang bayan. "Huwag sasabihin
ng isang eunuko na, "Tingnan mo, ako ay isang tuyot na
puno." 4 Dahil ito ang sinasabi ni Yahweh, "Sa mga eunuko
na sumusunod sa aking mga Araw ng Pamamahinga at
pumipili kung ano ang nakalulugod sa akin at mahigpit
na pinanghahawakan ang aking tipan— 5 Itatatag ko sa
kanila sa loob aking tahanan at sa loob ng aking mga pader
ang isang bantayog na mas mabuti kaysa pagkakaroon
ng mga anak na lalaki at mga babae; bibigyan ko sila
ng walang hanggang bantayog na hindi mapuputol. 6
Gayon din ang mga dayuhan na umanib kay Yahweh,
para maglingkod sa kanya, at nagmamahal sa pangalan ni
Yahweh, para sambahin siya, lahat na tumutupad sa Araw ng
Pamamahinga at mga nag-iingat na dungisan ito, at mahigpit
na pinanghahawakan ang aking tipan, 7 dadalhin ko ang
mga ito sa aking banal na bundok at gagawin ko silang
maligaya sa aking bahay-dalanginan; ang kanilang mga
handog na susunugin at kanilang mga alay ay tatanggapin
sa aking altar. Dahil ang aking tahanan ay tatawagin na
bahay dalanginan para sa lahat ng mga bansa, 8 ito ang
pahayag ng Panginoon na si Yahweh, na siyang nagtitipon
sa mga taong pinabayaan sa Israel— titipunin ko pa rin
ang iba para idagdag sa kanila." 9 Lahat kayong mga ligaw
na hayop sa parang, magsiparito kayo at lumamon, lahat
kayong mga hayop sa kagubatan! 10 Lahat ng kanilang mga
bantay ay mga bulag; hindi sila nakakaunawa; silang lahat
ay mga asong pipi; sila ay hindi makatahol; nananaginip,
nakahiga at mahilig matulog. 11 Ang mga aso ay matatakaw;
hindi kailanman sila mabubusog; sila ay mga pastol na
walang mabuting pasya; silang lahat ay bumaling sa kanilang
sariling pamamaraan, bawat isa ay mapag-imbot sa hindi
makatarungang pakinabang. 12 Halikayo, "sabi nila, uminom
tayo ng alak at matapang na alak; bukas ay magiging tulad
ng araw na ito, isang dakilang araw na hindi kayang sukatin."

**57** Ang mga matutuwid ay pupuksain, pero hindi
isinasaalang-alang ito ng sinuman, at ang mga tao ng
katapatan sa tipan ay titipuning palayo, pero walang nakaka-
unawa na ang mga matuwid ay ilalayo mula sa kasamaan. 2
Siya ay pumapasok sa kapayapaan; magpapahinga sila sa
kanilang mga higaan, silang mga lumalakad sa kanilang

katapatan. 3 Ngunit magsilapit kayo, kayong mga anak na
lalaki ng babaeng mangkukulam, mga anak ng mapakiapid at
ang masamang babae na ipinagbili ang kanyang sarili. 4 Para
kanino ang masaya ninyong panunukso? Laban kanino ang
pagbuka ng inyong bibig at ang inyong pandidila? Hindi ba
kayo mga anak ng paghihimagsik, mga anak ng pandaraya?
5 Pinapainit ninyo ang inyong mga sarili na magkasamang
nagsisiping sa ilalim ng mga puno ng ensena? sa ilalim ng
bawat luntiang puno, kayong mga pumapatay ng inyong mga
anak sa mga tuyong ilog, sa ilalim ng mga mabatong bangin.
6 Sa gitna ng mga makikinis na bagay sa ilog ng lambak ay
ang mga bagay na itinalaga sa inyo. Sila ang pinagtutuunan
ng inyong debosyon. Ibinubuhos ninyo ang inyong inuming
handog sa kanila at nagtataas ng handog na butil. Dapat ba
akong masiyahan sa mga bagay na ito? 7 Inihanda ninyo
ang inyong higaan sa isang mataas ng bundok; umakyat
din kayo doon para maghandog ng mga alay. 8 Sa likod
ng pinto at mga haligi ay inilagay ninyo ang iyong mga
simbolo; iniwanan ninyo ako at hinubaran ninyo ang inyong
mga sarili, at kayo ay umakyat; pinalawak ninyo ang inyong
higaan. Gumawa kayo ng tipan sa kanila; nagustuhan ninyo
ang kanilang mga higaan; nakita ninyo ang kanilang mga
maseselang bahagi. 9 Kayo ay pumunta sa hari na may
langis; pinarami ninyo ang inyong mga pabango. Ipinadala
ninyo sa malayo ang inyong mga kinatawan; kayo ay bumaba
sa sheol. **(Sheol h7585)** 10 Kayo ay napagod mula sa inyong
mahabang paglalakbay, pero hindi ninyo kailanman sinabi
"Ito ay walang pag-asa." Natagpuan ninyo ang buhay sa
inyong mga kamay; kaya hindi kayo nanghina. 11 Kanino
ba kayo nag-aalala? Kanino ba kayo labis na natatakot na
siyang nagdudulot para kumilos kayo nang may panlilinlang,
kaya halos hindi ninyo maala-ala o maisip ang tungkol
sa akin? Dahil nanahimik ako nang napakatagal, hindi na
kayo natatakot sa akin. 12 Ipapahayag ko ang inyong mga
matuwid na gawain at sabihin ang lahat ng inyong mga
nagawa, pero hindi nila kayo tutulungan. 13 Kapag kayo
ay umiiyak, hayaan ninyong sagipin kayo ng mga inipon
ninyong mga diyus-diyosan. Sa halip ay tatangayin silang
lahat ng hangin palayo, ang isang hininga ang tatangay sa
kanila palayo. Ngunit ang nagkukubli sa akin ay magmamana
ng lupain at magmamay-ari ng aking banal na bundok. 14
Sasabihin niya, "Magtayo kayo, magtayo kayo! Linisin ninyo
ang daan! Alisin lahat ang mga hadlang sa landas ng aking
bayan!"" 15 Dahil ito ang sinasabi ng Nag-iisang mataas at
matayog, na nabubuhay magpakailanman, na ang pangalan
ay banal." Namumuhay ako sa dakila at banal na lugar,
kasama rin niya ang durog at mapagpakumbabang espiritu,
para muling buhayin ang espiritu ng mga mabababang loob
at muling buhayin ang puso ng mga nagsisisi. 16 Dahil
hindi ako magpaparatang magpakailanman; ni magagalit
nang walang katapusan, dahil pagkatapos ang espiritu ng
tao ay manlulupaypay sa harapan ko, ang mga buhay na
aking ginawa. 17 Dahil sa kasalanan ng kanyang marahas
na pakinabang, ako ay nagalit, at pinarusahan ko siya;
itinago ko ang aking mukha at ako ay nagalit, pero siya ay
nanumbalik sa pamamaraan ng kanyang puso. 18 Nakita ko
ang kanilang mga pamamaraan, pero pagagalingin ko sila.
Papatnubayan ko sila at pagiginhawain at aaliwin ang mga
nagdadalamhati para sa kaniya, 19 at nilikha ko ang bunga
ng mga labi. Kapayapaan, kapayapaan, sa mga malalayo at
sa mga malalapit—sinasabi ni Yahweh—pagagalingin ko
sila. 20 Pero ang mga masasama ay gaya nang maalon na
dagat, kung saan hindi nagpapahinga, at ang tubig nito ay
umaalimbukay ng burak at putik. 21 Walang kapayapaan
para sa isang masama—sinasabi ng Diyos."

**58** "Umiyak ka ng malakas, huwag mong pigilin, lakasan
mo ang iyong tinig katulad ng isang trumpeta, harapin
mo ang aking bayan sa kanilang pagrerebelde, at ang
angkan ni Jacob kasama ng kanilang mga kasalanan.
2 Gayun pa man ako ay sinisiyasat nila araw-araw at
nasisiyahan sa kaalaman ng aking mga paraan, katulad
ng isang bansa na isinasabuhay ang katuwiran at hindi
tinalikuran ang batas ng kanilang Diyos. Sila ay humingi sa
akin ng makatuwirang mga paghatol; sila ay nasisiyahan
na lumalapit sa Diyos. 3 Bakit tayo nag-ayuno; sinabi nila,
"pero hindi ninyo nakikita ito? Bakit tayo nagpakumbaba,
pero hindi ninyo napapansin?" Pagmasdan ninyo, sa araw
ng inyong pag-aayuno ang sarili ninyong kasiyahan ang
inyong hinahanap at pinapahirapan ang lahat ng inyong mga
manggagawa. 4 Pagmasdan ninyo, kayo ay nag-aayuno
para makipag-away at makipag-laban, at para sumuntok
sa pamamagitan ng inyong kamaong makasalanan; hindi
kayo nag-aayuno ngayon para marinig ang inyong tinig
sa kaitaasan. 5 Ito ba talaga ang uri ng pag-aayuno na
ninanais ko: Isang araw para sinuman ang magpakumbaba,
para iyuko niya ang kaniyang ulo tulad ng isang tambo, at
para ilatag ang magaspang na tela at mga abo sa ilalim
niya? Ito ba talaga ang tinatawag mong isang pag-aayuno,
isang araw na nakalulugod kay Yahweh? 6 Hindi ba ito ang
pag-aayuno na pinili ko: na palayain ang mga masamang
pagkakagapos, na kalagin ang mga lubid ng pamatok, na
palayain ang mga dinurog, at baliin ang bawat pamatok?
7 Hindi ba ito para ipamahagi ang inyong tinapay sa
nagugutom at dalhin ang dukha at walang tahanan sa inyong
bahay?" Kapag nakakita kayo ng isang taong nakahubad,
dapat ninyo siyang bihisan; at hindi ninyo dapat itago ang
inyong sarili mula sa sarili ninyong mga kamag-anak. 8
Pagkatapos ang inyong liwanag ay magbubukas tulad ng

pagsikat ng araw, at mabilis na manunumbalik ang inyong
kagalingan; pangungunahan kayo ng inyong katuwiran, at
ang kaluwalhatian ni Yahweh ay maaari ninyong maging
bantay sa inyong likuran. **9** Pagkatapos kayo ay tatawag,
at si Yahweh ay sasagot; kayo ay tatangis para tulungan,
at kaniyang sasabihin, “Naririto ako.” Kung aalisin ninyo
mula sa inyong mga sarili ang pamatok, ang nagpaparatang
na daliri, at ang pananalita ng kasamaan, **10** kung kayo
mismo ay nagbibigay para sa nagugutom at tumutugon
sa pangangailangan ng nagdurusa; sa gayon ang inyong
liwanag ay sisikat sa kadiliman, at ang inyong kadiliman
ay magiging katulad sa katanghalian. **11** Kung ganoon
patuloy kayong pagungunahan ni Yahweh at bibigyan kayo
ng kasiyahan sa mga rehiyon kung saan walang tubig, at
palalakasin niya ang inyong mga buto. Kayo ay magiging
katulad ng isang nadiligang hardin, at katulad ng isang bukal
ng tubig, na hindi natutuyuan ng tubig kailanman. **12** Ang
ilan sa inyo ay muling magtatayo ng mga sinaunang gusali
na gumuho; itatayo ninyo ang mga gumuhong lungsod ng
maraming mga salinlahi; tatawagin kayong “Ang tagakumpuni
ng pader,” “Ang tagapanumbalik ng mga lansangan para
matirahan.” **13** Ipagpalagay ninyo na tumalikod kayo mula
sa paglalakbay sa Araw ng Pamamahinga, at mula sa
ginagawa ninyong sariling kasiyahan sa aking banal na
araw. Ipagpalagay ninyo na ang Pamamahinga ay tinatawag
ninyong isang kasiyahan, at tinatawag ninyo na banal at
pinarangalan ang mga bagay ni Yahweh. Ipagpalagay ninyo
na pinararangalan ninyo ang Araw ng Pamamahinga sa
pamamagitan ng pag-iwan ng inyong sariling negosyo, at
sa pamamagitan ng hindi paghahanap ng sarili ninyong
kasiyahan at sa pamamagitan ng hindi pagsasalita ng sarili
ninyong mga salita. **14** Kung ganoon makatatagpo kayo ng
kasiyahan kay Yahweh; at pasasakayin ko kayo sa mga
matataas na lugar ng daigdig; pakakainin ko kayo mula sa
minana ni Jacob na inyong ama— dahil ang bibig ni Yahweh
ang nagsalita.”

**59** Pagmasdan ninyo, Ang kamay ni Yahweh ay hindi
napakaigsi para hindi ito makapagligtas; ni ang
kaniyang pandinig ay napakahina, para hindi ito makarinig.
**2** Ang inyong makasalanang mga kilos, gayunman, ay
naghiwalay sa inyo mula sa inyong Diyos, at dahil sa inyong
mga kasalanan ay nagawa niyang maitago ang kaniyang
mukha mula sa inyo at mula sa pakikinig sa inyo. **3** Dahil
ang inyong mga kamay ay narumihan ng dugo at ang inyong
mga daliri ng kasalanan. Ang inyong mga labi ay nagsasalita
ng mga kasinungalingan at ang inyong dila ay nagsasalita ng
may malisya. **4** Walang isa man ang tumatawag sa katuwiran,
at walang nagsusumamo ng kaniyang kalagayan nang totoo.
Sila ay nagtitiwala sa walang kabuluhang mga salita, at
nagsasabi ng mga kasinungalingan; sila ay nagbabalak ng
kaguluhan at nagbubunga ng kasalan. **5** Sila ay nagpipisa
ng mga itlog ng isang makamandag na ahas at naghahabi
ng sapot ng gagamba. Sinuman ang kumakain ng kanilang
mga itlog ay namamatay, at kung ang isang itlog ay mapisa,
ito ay napipisa para maging isang makamandag na ahas. **6**
Ang kanilang mga sapot ay hindi maaaring magamit para
sa mga kasuotan, ni maaaring takpan nila ang kanilang
mga sarili sa pamamagitan ng kanilang mga gawain. Ang
kanilang mga gawa ay mga gawa ng kasalanan, at ang
mga gawain ng karahasan ay nasa kanilang mga kamay.
**7** Ang kanilang mga paa ay tumatakbo sa kasamaan, at
sila ay tumatakbo para magbuhos ng dugo ng walang
kasalanan. Ang kanilang mga kaisipan ay mga kaisipan ng
kasalanan; karahasan at kasiraan ay kanilang mga daan.
**8** Ang daan ng kapayapaan ay hindi nila nalalaman, at
walang katarungan sa kanilang mga landas. Sila ay gumawa
ng mga likong mga landas; ang sinumang naglalakbay sa
mga landas na ito ay hindi nalalaman ang kapayapaan.
**9** Kaya ang katarungan ay malayo mula sa amin, ni ang
katuwiran ay nakararating sa amin. Kami ay naghihintay
sa liwanag, pero kadiliman ang nakikita, naghahanap kami
ng kaningningan, pero naglalakad kami sa kadiliman. **10**
Kinakapa namin ang pader katulad ng bulag, katulad ng mga
hindi nakakikita. Kami ay natitisod sa katanghalian na parang
sa takip-silim; sa kalagitnaan ng malakas kami ay katulad ng
mga patay. **11** Kami ay umuungal katulad ng mga oso at
dumadaing katulad ng mga kalapati; kami ay naghihintay ng
katarungan, pero wala; para masagip, pero ito ay malayo
mula sa amin. **12** Dahil ang aming maraming paglabag sa
iyong kautusan ay nasa harapan mo, at ang aming mga
kasalanan ay magpapatotoo laban sa amin; dahil ang aming
mga pagkakasala ay nasa amin, at nalalaman namin ang
aming mga kasalanan. **13** Kami ay nagrebelde, itinatanggi si
Yahweh at tumatalikod mula sa pagsunod sa aming Diyos.
Kami ay nagsalita ng paniniil at sa paglihis, nag-isip ng
reklamo mula sa puso at mga salita ng kasinungalingan.
**14** Ang katarungan ay ipinagkait, at ang katuwiran ay
nananatiling malayo; dahil ang katotohanan ay nakatitisod
sa liwasang-bayan, at ang matuwid ay hindi makararating.
**15** Ang mapagkakatiwalaan ay naglaho ng tuluyan, at siya
na tumalikod mula sa kasamaan ay ginagawang biktima
ang kaniyang sarili. Nakita ito ni Yahweh at nagalit siya
na wala ng katarungan. **16** Nakita niya na wala ng tao, at
nagtaka na walang isa man para mamagitan. Kaya ang
kaniyang sariling bisig ang nagdala ng kaligtasan para sa
kaniya, at ang kaniyang katuwiran ay pinalakas siya. **17**
Isinuot niya ang katuwiran bilang isang baluti sa dibdib at
isang helmet ng kaligtasan sa kaniyang ulo. Dinamitan niya

ang kaniyang sarili ng mga kasuotan ng paghihiganti at
nagsuot ng kasigasigan bilang isang balabal. **18** Sila ay
kaniyang pinagbayad sa kanilang ginawa, galit na paghatol
sa kaniyang mga kaaway, paghihiganti para sa kaniyang
mga kalaban, sa mga isla ng kaparusahan bilang gantimpala
nila. **19** Kaya sila ay matatakot sa pangalan ni Yahweh mula
sa kanluran, at ang kaniyang kaluwalhatian mula sa pagsikat
ng araw; dahil siya ay darating tulad ng isang batis na mabilis
na umaagos, pinadadaloy sa pamamagitan ng paghinga ni
Yahweh. **20** Isang manunubos ay darating sa Sion at sa mga
tumalikod mula sa kanilang pagrerebeldeng mga gawain kay
Jacob—Ito ang kapahayagan ni Yahweh. **21** At para sa akin,
ito ang aking tipan sa kanila—sinasabi ni Yahweh—ang aking
espiritu na nasa inyo, at ang aking mga salita na inilagay
ko sa inyong bibig, ay hindi mawawala sa inyong bibig,
o mawawala sa bibig ng inyong mga anak, o mawawala
sa bibig ng mga anak ng inyong mga anak—sinabi ni
Yahweh—mula sa panahon na ito at magpakailanman."

**60** Bumangon kayo, magliwanag kayo; dahil ang inyong
liwanag ay dumating na, at ang kaluwalhatian ni
Yahweh ay sumikat na sa inyo. **2** Kahit na ang kadiliman
ay magtatakip sa mundo, at makapal na kadiliman sa mga
bansa; gayon man si Yahweh ay magliliwanag sa inyo, at
ang kaniyang kaluwalhatian ay makikita sa inyo. **3** Ang
mga bansa ay lalapit sa inyong liwanag, at ang mga hari
sa inyong maliwanag na ilaw na sumisikat. **4** Pagmasdan
ninyo ang buong paligid at tingnan. Tinipon nilang lahat ang
kanilang mga sarili at lumalapit sa iyo. Ang inyong mga
anak na lalaki ay darating mula sa malayo, at ang inyong
mga anak na babae ay bubuhatin sa kanilang mga bisig. **5**
Pagkatapos pagmamasdan mo at magiging makinang, at
ang inyong puso ay magagalak at mag-uumapaw, dahil ang
kasaganaan ng dagat ay ibubuhos sa inyo, ang kayamanan
ng mga bansa ay darating sa inyo. **6** Ang mga karawan ng
kamelyo ay magtatakip sa inyo, ang mga dromedario ng
Midian at Efa; lahat sila ay darating mula sa Seba; sila ay
magdadala ng ginto at kamanyang, at aawit ng mga papuri
ni Yahweh. **7** Lahat ng mga kawan ng Kedar ay sama-
samang titipunin para sa inyo, paglilingkuran kayo sa inyong
mga pangangailangan ng mga lalaking tupa ng Nebaioth,
sila ay magiging katanggap-tanggap na mga handog sa
aking altar; at aking luluwalhatiin ang aking maluwalhating
bahay. **8** Sino ang mga ito na lumilipad katulad ng isang
ulap, at katulad ng mga kalapati patungo sa kanilang mga
silungan? **9** Ang mga baybaying-lugar ay maghahanap
sa akin, at nangunguna ang mga barko sa Tarsis, para
dalhin ang inyong mga anak na lalaki mula sa malayo,
ang kanilang pilak at kanilang ginto na dala nila, para sa
pangalan ni Yahweh na inyong Diyos, at para sa Banal ng
Israel, dahil kayo ay pinarangalan niya. **10** Ang mga anak ng
mga dayuhan ay muling magtatayo ng inyong mga pader,
at ang kanilang mga hari ay maglilingkod sa inyo; kahit
sa aking matinding galit kayo ay pinarusahan ko, gayon
pa man sa aking pabor kinahahabagan ko kayo. **11** Ang
inyong mga tarangkahan din ay mananatiling bukas palagi;
ang mga ito ay hindi isasara araw o gabi, sa gayon ang
kayaman ng mga bansa ay maaaring dalhin, kasama ang
kanilang mga hari na pinangungunahan. **12** Sa katunayan,
ang mga bansa at kaharian na hindi maglilingkod sa inyo ay
maglalaho; ang mga bansang iyon ay ganap na mawawasak.
**13** Ang kaluwalhatian ng Lebanon ay darating sa inyo, ang
punong sipres, ang pir, at puno ng pino na magkakasama,
para pagandahin ang aking santuwaryo; at luluwalhatiin
ko ang lugar ng aking mga paa. **14** Sila ay lalapit sa
inyo para yumuko, ang mga anak na lalaki na humamak
sa inyo; sila ay yuyuko sa inyong mga paanan; kayo ay
tatawagin nilang, Ang Lungsod ni Yahweh, Sion ang Banal
ng Israel. **15** Sa halip na kayo ang nananatiling napabayaan
at kinapopootan, na walang sinuman ang pumapansin sa
inyo, gagawin ko kayong isang bagay na ipagmamalaki
magpakailanman, isang kagalakan mula sa bawat salinlahi.
**16** Iinumin din ninyo ang gatas ng mga bansa, at sususo sa
dibdib ng mga hari; malalaman ninyo na Akong, si Yahweh,
ako ang inyong Tagapagligtas at inyong Manunubos, ang
Tanging Kalakasan ni Jacob. **17** Sa halip na tanso, ako ay
magdadala ng ginto, sa halip na bakal ako ay magdadala ng
pilak; sa halip na kahoy, tanso, at sa halip na mga bato,
bakal. Maghihirang ako ng kapayapaan bilang inyong mga
gobernador, at katarungan sa inyong mga namumuno. **18**
Ang karahasan ay hindi na kailanman maririnig sa inyong
lupain, o ang pagkawasak, ni paninira sa loob ng inyong
mga nasasakupan; pero tatawagin ninyong Kaligtasan ang
inyong mga pader, at Papuri ang inyong mga tarangkahan.
**19** Ang araw ay hindi mo na kailanman magiging liwanag sa
maghapon, ni ang liwanag ng buwan ay magliliwanag sa
inyo; pero si Yahweh ang inyong magiging walang hanggang
liwanag, at ang inyong Diyos ang inyong kaluwalhatian.
**20** Ang inyong araw ay hindi na kailanman lulubog, ni ang
inyong buwan ay lulubog at mawawala; dahil si Yahweh ang
inyong magiging walang hanggang liwanag, at ang mga araw
ng inyong pagluluksa ay matatapos na. **21** Lahat ng inyong
mamamayan ay magiging matuwid; sila ang magmamay-
ari ng lupain sa lahat ng panahon, ang sanga ng aking
pagtatanim, ang gawa ng aking mga kamay, para ako ay
maaaring luwalhatiin. **22** Ang isang kakaunti ay magiging
isang libo, at ang isang maliit, isang malakas na bansa;
akong si Yahweh, agad na tutuparin ang mga bagay na ito
kapag dumating ang panahon.

**61** Ang Espiritu ng Panginoong Yahweh ay sumasaakin,
dahil hinirang ako ni Yahweh para ipahayag ang
mabuting balita sa mapagpakumbaba. Sinugo niya ako para
pagalingin ang sugatang-puso, para ipahayag ang kalayaan
sa mga nakabilanggo, at ang pagbubukas ng bilangguan
sa mga nakagapos. 2 Pinadala niya ako para ipahayag
ang taon ng pabor ni Yahweh, ang araw ng paghihiganti ng
aming Diyos, at para aliwin ang lahat ng nagluluksa— 3
para ilagay sa lugar ang mga tumatangis sa Sion—para
bigyan sila ng isang turban sa halip na mga abo, langis ng
kagalakan sa halip na pagtatangis, isang balabal ng papuri
kapalit ng isang espiritu ng kalungkutan, para tawagin silang
mga puno ng katuwiran, ang pagtatanim ni Yahweh, para
siya ay maaaring luwalhatiin. 4 Muli nilang itatayo ang mga
sinaunang lugar na gumuho; papanumbalikin nila ang mga
dating pinabayaan. Panunumbalikin nila ang mga gumuhong
lungsod, ang mga kasiraan mula sa maraming naunang
salinlahi. 5 Ang mga dayuhan ay tatayo at magpapakain ng
inyong mga kawan, at ang mga anak ng mga dayuhan ay
magtatrabaho sa inyong mga bukid at mga ubasan. 6 Kayo
ay tatawaging mga pari ni Yahweh; kayo ay tatawagin nilang
mga lingkod ng aming Diyos. Kakainin ninyo ang kayamanan
ng mga bansa, at ipagmamalaki ninyo ang kanilang mga
yaman. 7 Sa halip ng inyong kahihiyan magkakaroon
kayo ng kasaganaan; at sa halip ng kasiraang-puri sila ay
magagalak sa kanilang bahagi. Kaya sila ay magkakaroon
ng isang dobleng bahagi ng kanilang lupa; walang-hanggang
kagalakan ay mapapasakanila. 8 Dahil Ako, si Yahweh,
ay maibigin sa katarungan, at kinasusuklaman ko ang
pagnanakaw at marahas na kawalan ng katarungan. Tapat
akong gaganti sa kanila, at aking puputulin ang walang
hanggang tipan sa kanila. 9 Ang kanilang mga kaapu-
apuhan ay makikilala sa kalagitnaan ng mga bansa, at
ang kanilang mga anak sa kalagitnaan ng mga tao. Lahat
ng nakakakita sa kanila ay kikilalanin sila, silang bayan
na pinagpala ni Yahweh. 10 Ako ay lubos na magagalak
kay Yahweh; sa aking Diyos ako ay labis na magsasaya.
Dahil ako ay binihisan niya ng mga kasuotan ng kaligtasan;
binihisan niya ako ng may balabal ng katuwiran, tulad ng
isang lalaking ikakasal na ginagayakan ang kaniyang sarili
sa pamamagitan ng isang turban, at tulad ng isang babaeng
ikakasal na nagpapaganda sa kaniyang sarili ng kaniyang
mga hiyas. 11 Kung paanong pinagsisibol ng lupa ang mga
halaman nito, at tulad sa hardin na pinalalago ang itinanim
na halaman dito, gayon din ang Panginoong Yahweh ay
idudulot na ang katuwiran at papuri ay sumibol sa harapan
ng lahat ng mga bansa.

**62** Para sa kapakanan ng Sion ako ay hindi mananahimik,
at para sa kapakanan ng Jerusalem ako ay hindi
tatahimik, hanggang tuloy-tuloy nang magliwanag ang
kaniyang katuwiran, at ang kaniyang kaligtasan tulad ng
isang nag-aapoy na sulo. 2 Makikita ng mga bansa ang
inyong katuwiran, at ang inyong kaluwalhatian ng lahat ng
mga hari. Ikaw ay tatawagin sa isang bagong pangalan
na si Yahweh ang pipili. 3 Kayo rin ay magiging isang
korona ng kagandahan sa kamay ni Yahweh, at isang turban
ng pagkahari sa kamay ng inyong Diyos. 4 Hindi ka na
kailanman tatawaging, “Pinabayaan”; ni ang inyong lupain
ay kailanman tatawaging, “Malungkot.” Sa katunayan, kayo
ay tatawaging “Ang aking kaluguran ay nasa kaniya,” at ang
iyong lupain “May asawa,” dahil si Yahweh ay nasisiyahan
sa inyo, at ang inyong lupain ay ikakasal. 5 Tulad ng
isang lalake na ikinakasal sa isang babae, sa gayon kayo
ay pakakasalan ng inyong mga anak na lalaki. Tulad ng
isang lalaking ikakasal na nagagalak sa babaeng kaniyang
pakakasalan, ang inyong Diyos ay magagalak sa inyo. 6
Ako ay naglagay ng mga bantay sa inyong mga pader,
Jerusalem; sila ay hindi nananahimik araw at gabi. Ikaw na
patuloy na nagpapaalala kay Yahweh, huwag tumigil sandali.
7 Huwag mo siyang papayagang magpahinga hanggang
maitatag niya muli ang Jerusalem at gawin itong isang papuri
sa daigdig. 8 Si Yahweh ay nangako sa pamamagitan ng
kaniyang kanang kamay at sa pamamagitan ng lakas ng
kaniyang bisig, “Siguradong hindi ko na kailanman ibibigay
ang inyong butil bilang pagkain para sa inyong mga kaaway.
Ang mga dayuhan ay hindi iinom ng inyong bagong alak,
na inyong pinagtrabahuhan. 9 Dahil ang mga umaani ng
butil ang kakain nito at magpupuri kay Yahweh, at ang mga
pumipitas ng mga ubas ay iinom ng alak sa mga patyo ng
aking banal na santuwaryo.” 10 Lumabas kayo, lumabas
kayo sa mga tarangkahan! Ihanda ang daan para sa bayan!
Itayo ito, itayo ang daanang-bayan! Alisin ang mga bato!
Magtaas ng isang hudyat na bandera para sa mga bansa!
11 Pagmasdan ninyo, si Yahweh ay nagpapahayag sa dulo
ng daigdig, “Sabihin sa anak na babae ng Sion: Pagmasdan
mo, dumarating ang inyong Manunubos! Tingnan ninyo, dala
niya ang kaniyang gantimpala,” at ang kaniyang pabuya
ay mauuna sa kaniya. 12 Kayo ay tatawagin nilang, “Ang
bayang banal; ang tinubos ni Yahweh,” at tatawagin kayong
“Tanyag; isang lungsod na hindi pinabayaan.”

**63** Sino itong dumarating mula sa Bozra, nasa Edom,
na nakadamit na pula? Sino siyang naka maharlikang
kasuotan, nagmamartsa nang may katiyakan dahil sa
kanyang dakilang kalakasan? Ako ito na nagsasalita ng
katuwiran at may makapangyarihang kakayanan magligtas.
2 Bakit pula ang suot mo na mukhang nagpipisa ka ng mga
ubas sa pigaan nito? 3 Mag-isa kong tinapakan ang mga
ubas sa pigaan, at walang sinuman mula sa mga bansa ang

sumama sa akin. Tinapakan ko sila sa aking poot at dinurog
ko sila sa aking matinding galit. Tumilamsik ang kanilang
dugo at minantsahan ang lahat ng aking kasuotan. 4 Dahil
inaasam-asam ko ang araw ng paghihiganti, at dumating na
ang taon para sa aking pagtubos. 5 Naghanap ako pero
walang sinuman ang makakatulong. Nagtaka ako na walang
makakatulong, pero ang aking sariling bisig ang nagdala sa
akin sa katagumpayan at pinalakas ako ng aking matinding
galit. 6 Sa aking galit dinurog ko ang mga mamamayan at
sa aking poot nilasing ko sila, at isinaboy ko ang kanilang
dugo sa lupa. 7 Sasabihin ko ang mga gawa ng katapatan
sa tipan ni Yahweh, ang mga kapuri-puring mga ginawa niya
para sa atin at ang kanyang dakilang kabutihan sa bayan ng
Israel. Ang kahabagang ito ay naipakita niya sa atin dahil
sa kanyang awa at sa maraming mga gawa ng katapatan
sa tipan. 8 Dahil sinabi niya, “Tiyak na sila ang aking
bayan, mga anak na hindi taksil.” Siya ay kanilang naging
Tagapagligtas. 9 Nagdusa rin siya sa lahat ng kanilang
pagdurusa at ang anghel mula sa kanyang presensya ang
nagligtas sa kanila. Sa kanyang pag-ibig at habag sila ay
kanyang iniligtas, sila ay kanyang itinaas at iningatan sa
buong sinaunang panahon. 10 Pero sila ay nagrebelde
at pinighati ang kanyang Banal na Espiritu. Kaya siya ay
naging kaaway nila at nakipaglaban sa kanila. 11 Naalala
ng kanyang bayan ang tungkol sa sinaunang panahon ni
Moises. Sinabi nila, “Nasaan ang Diyos, na naglabas sa
kanila sa dagat kasama ang mga pastol ng kanyang kawan?
Nasaan ang Diyos na naglagay sa kanila ng kanyang Banal
na Espiritu? 12 Nasaan ang Diyos, na naglagay ng kanyang
dakilang kapangyarihan sa kanang kamay ni Moises, at
hinawi ang tubig ng dagat sa kanilang harapan para gumawa
ng walang hanggang pangalan para sa kanyang sarili? 13
Nasaan ang Diyos na pinangunahan sila sa pagtawid sa
malalim na dagat? Tulad ng isang kabayo na tumatakbo
sa patag na lupa, sila ay hindi nadapa. 14 Gaya ng baka
na bumababa papunta sa lambak, ganun din sila binigyan
ng kapahingahan ng Espiritu ni Yahweh. Kaya ginabayan
mo ang iyong bayan para sa kapurihan ng iyong sariling
pangalan. 15 Tumingin ka mula sa langit at magbigay
pansin mula sa iyong banal at maluwalhating tahanan.
Nasaan ang iyong kasigasigan at makapangyarihang mga
gawa? Ipinagkait sa amin ang iyong awa at habag. 16 Dahil
ikaw ay aming ama, kahit hindi kami kilala ni Abraham at
hindi kinikilala ng Israel, ikaw, Yahweh, ang aming ama.
'Aming Manunubos' ang naging pangalan mo mula pa noong
sinaunang panahon. 17 Yahweh, bakit mo kami hinayaang
maligaw mula sa iyong mga landas at tumigas ang aming
mga puso kaya hindi ka na namin sinusunod? Bumalik ka
para sa kapakanan ng iyong mga lingkod, ang mga lipi
ng iyong pamana. 18 Ang bayan mo ang nagmay-ari ng
iyong banal na lugar sa maiksing panahon, pero pagkatapos
niyurakan ito ng aming mga kaaway. 19 Kami ay naging
tulad ng mga hindi mo kailanman pinamahalaan at tinawag
sa pamamagitan ng iyong pangalan.”

**64** O Yahweh, kung binuksan mo ang kalangitan at ikaw
ay bumaba! Nayanig sana ang mga bundok sa iyong
presensya, 2 tulad nang pagningas ng apoy sa kasukalan,
o ng apoy na nagpapakulo ng tubig. O, na malalaman ng
iyong mga kaaway ang iyong pangalan, na manginginig ang
mga bansa sa iyong presensya! 3 Noon, nang gumawa ka
ng mga kamangha-manghang mga bagay na hindi namin
inaasahan, bumaba ka, at ang mga bundok ay nayanig
sa iyong presensya. 4 Mula noong sinaunang panahon
wala pang sinuman ang nakarinig o nakakilala, ni nakakita
ng anumang Diyos maliban sa iyo, na gumagawa ng mga
bagay para sa sinumang umaasa sa kanya. 5 Dumarating
ka para tulungan ang mga nagagalak na gumawa kung
ano ang tama, sila na nakakaalala ng iyong mga paraan at
sumusunod sa mga ito. Nagalit ka ng kami ay nagkasala. Sa
iyong mga paraan lagi kaming maliligtas. 6 Dahil kaming
lahat ay naging tulad ng isang taong marumi, at lahat ng
aming matutuwid na gawa ay parang pasador. Kaming lahat
ay nalanta na parang dahon; ang aming mga kasamaan,
tulad ng hangin, ay naglayo sa amin. 7 Walang sinumang
tumatawag sa pangalan mo ang nagsikap na humawak sa
iyo, dahil itinago mo sa amin ang iyong mukha at pinaubaya
kami sa aming mga kasalanan. 8 Gayun pa man, Yahweh,
ikaw ang aming ama, kami ang putik. Ikaw ang nagbigay
hugis sa amin, at kaming lahat ay gawa ng iyong kamay. 9
Yahweh, huwag kang magalit nang labis sa amin, ni laging
alalahanin ang aming mga kasalanan. Pakiusap masdan mo
kaming lahat, ang iyong bayan. 10 Ang iyong mga banal na
lungsod at ang Sion ay naging isang ilang, ang Jerusalam
isang kalungkutan. 11 Ang aming banal at magandang
templo, kung saan ang aming mga ninuno ay nagpuri sa iyo,
ay nawasak ng apoy, at lahat ng mga mamahalin ay wasak
na. 12 Paano ka pa nakakapagpigil, Yahweh? Paano mo
nagagawang manatiling tahimik at nakapagpapatuloy na
hiyain kami?”

**65** Nakahanda akong tanggapin ng sinumang hindi
humihingi; handa na akong matagpuan ng sinumang
hindi naghahanap. Sinabi ko, 'Narito ako! Narito ako! sa
isang bansa na hindi tumatawag sa aking pangalan. 2
Buong maghapong nakaunat ang aking mga kamay sa
isang bayang matigas ang ulo, na lumalakad sa masamang
daan, na sumunod sa sarili nilang mga kaisipan at mga
plano. 3 Sila ang mga taong patuloy na sinasaktan ang

damdamin ko, nag-aalay ng mga handog sa mga hardin at
nagsusunog ng insenso sa mga tisang bato. **4** Umuupo sila
sa mga libingan at nananatiling nakabantay buong gabi,
at kumakain ng baboy na may sabaw ng napakaruming
karne sa kanilang mga pinggan. **5** Sinasabi nila, 'Lumayo
kayo, huwag kayong lalapit sa akin dahil ako ay mas banal
kaysa sa inyo.' Ang mga bagay na ito ay parang usok sa
aking ilong, isang apoy na nagniningas buong maghapon.
**6** Masdan ninyo, nakasulat sa aking harapan: hindi ako
mananatiling tahimik, dahil gagantihan ko sila, paparusahan
ko sila ng sukdulan **7** sa kanilang mga kasalanan at sa
kasalanan ng kanilang mga ninuno," sinabi ni Yahweh.
"Gagantihan ko sila sa pagsusunog ng insenso sa mga
kabundukan at sa pangungutya sa akin sa mga kaburulan.
Kaya susukatin ko ang nakalipas nilang mga gawa sa
kanilang kandungan. **8** Ito ang sinabi ni Yahweh, "Tulad nang
katas na makukuha mula sa isang kumpol ng ubas, kapag
sinabi ng sinuman, "Huwag itong sirain, dahil may mabuti
rito, ganun din ang gagawin ko alang-alang sa aking mga
lingkod, hindi ko sila lahat wawasakin. **9** Dadalhin ko ang
mga kaapu-apuhan mula kay Jacob, at mula kay Juda ang
mga magmamay-ari ng aking mga kabundukan. Ang aking
mga pinili ay magmamay-ari ng lupain at doon maninirahan
ang aking mga lingkod. **10** Ang Sharon ay magiging isang
pastulan para sa mga kawan at ang lambak ng Achor isang
pahingahang lugar para sa mga kawan, para sa aking bayan
na naghahanap sa akin. **11** Pero kayo na tumalikod kay
Yahweh, na lumimot ng aking banal na bundok at naghanda
ng isang mesa para sa diyos ng Suwerte, at nagpupuno
ng hinalong alak sa mga baso para sa diyos na tinawag
na Kapalaran- **12** itatakda ko kayo para sa espada, at
lahat kayo ay yuyukod sa magkakatay, dahil nang tumawag
ako, hindi kayo sumagot; nang nagsalita ako, hindi kayo
nakinig, sa halip, ginawa ninyo kung ano ang masama sa
aking harapan, at piniling gawin yung mga hindi nakalulugod
sa akin. **13** Ito ang sinabi ng Panginoon na si Yahweh,
"Masdan ninyo, ang aking mga lingkod ay magsisikain at
magsisiinom, pero kayo ay magugutom at mauuhaw; sila
ay magsasaya, pero kayo ay malalagay sa kahihiyan. **14**
Masdan ninyo, ang aking mga lingkod ay sisigaw sa tuwa
dahil sa kasayahan ng puso, pero kayo ay iiyak dahil sa
sama ng loob, at mananaghoy dahil sa pagkadurog ng
espiritu. **15** Iiwanan ninyo ang inyong pangalan para maging
isang sumpa para sa aking mga pinili; ako, ang Panginoon
na si Yahweh, ang papatay sa inyo; tatawagin ko ng ibang
pangalan ang aking mga lingkod. **16** Sinumang nasa lupa ang
magpahayag ng isang pagpapala ay pagpapalain ko, ang
Diyos ng katotohanan. Sinumang nasa lupa ang mangako
ay nangangako sa akin, ang Diyos ng katotohanan, dahil
malilimutan na ang nakaraang kaguluhan, dahil ang mga
ito ay matatago na sa aking paningin. **17** Kaya masdan
ninyo, malapit na akong lumikha ng bagong langit at bagong
lupa, at ang nakaraang mga bagay ay hindi na maaalala o
maiisip. **18** Pero kayo ay magagalak at magsasaya nang
walang hanggan sa aking lilikhain. Masdan ninyo, malapit ko
nang likhain ang Jerusalem bilang isang kaligayahan, at ang
kanyang mamamayan bilang isang kagalakan. **19** Ako ay
magsasaya sa Jerusalam at magagalak sa aking bayan; ang
pag-iyak at pananangis sa pagdurusa ay hindi na maririnig
sa kaniya. **20** Hindi na muling mabubuhay doon ang isang
sanggol ng ilang araw lamang; ni ang isang matandang lalaki
ay mamamatay bago ang kaniyang takdang oras. Sinumang
mamamatay ng isang daang taong gulang ay ituturing na
isang kabataan. Ang isang makasalanan na namatay ng
isang daang taong gulang ay ituturing na isinumpa. **21**
Magtatayo sila ng mga bahay at titirahan ang mga ito,
magtatanim sila sa mga ubasan at kakainin ang mga bunga
nito. **22** Hindi na sila magtatayo ng isang bahay at titirahan
ng iba, hindi na sila magtatanim at iba ang kakain, dahil
magiging kasing haba ng buhay ng mga puno ang magiging
buhay ng aking bayan. Ganap na mabubuhay ang aking
mga pinili higit pa sa gawa ng kanilang mga kamay. **23** Hindi
mawawalan ng kabuluhan ang kanilang pagtatrabaho, ni
maghihirap ang kanilang mga anak. Dahil sila ay mga anak
ng mga pinagpala ni Yahweh, kasama ang kanilang mga
kaapu-apuhan. **24** Bago pa sila manalangin, tutugunin ko na;
at habang nagsasalita pa lang sila, diringgin ko na. **25** Ang
asong-gubat at ang tupa ay magkasamang manginginain, at
ang leon ay kakain ng damo tulad ng baka; pero alikabok
ang magiging pagkain ng ahas. Hindi na sila makakapanakit
ni makakapinsala sa lahat ng aking banal na bundok," sinabi
ni Yahweh.

**66** Ito ang sinabi ni Yahweh, "Ang langit ay aking trono,
at ang daigdig ay aking tuntungan. Nasaan na ang
bahay na itatayo ninyo para sa akin? Nasaan ang lugar na
maari kong pagpahingahan? **2** Ang kamay ko ang gumawa
ng lahat ng mga bagay na ito; ganoon nilikha ang lahat ng
mga ito — ito ang pahayag ni Yahweh. Ang taong sinasang-
ayunan ko ay ang mga nagpapakumbaba at nagsisipagsisi,
at nanginginig sa aking salita. **3** Sinumang pumapatay ng
baka ay pumapatay din ng isang tao; ang siyang nag-aalay
ng isang tupa ay bumabali rin ng leeg ng isang aso; ang
siyang naghahandog ng isang butil ay naghahandog din ng
dugo ng baboy; ang siyang naghahandog ng isang pang-
alaala na insenso ay nagpapala rin ng kasamaan. Pinili
nila ang kanilang sariling mga paraan, at natutuwa sila sa
kanilang kalapastanganan. **4** Sa ganun ding paraan ko
pipiliin ang kanilang sariling kaparusahan; ipaparanas ko

sa kanila kung ano ang kanilang kinatatakutan, dahil ng
ako ay tumawag, walang tumugon kahit isa; nang ako ay
nagsalita, walang sinumang nakinig. Ginawa nila kung ano
ang masama sa aking paningin, at piniling gawin kung ano
ang hindi nakalulugod sa akin." 5 Pakinggan ang salita ni
Yahweh, kayong mga nanginginig sa kanyang salita. "Ang
mga kababayan ninyo na napopoot at nagpapalayas sa
inyo ng dahil sa aking pangalan ay nagsabi, "Maluwalhati
nawa si Yahweh, para makita namin ang inyong kagalakan,'
pero sila ay malalagay sa kahihiyan. 6 Isang tunog ng
kaguluhan sa labanan ay dumarating mula sa lungsod, isang
tunog mula sa templo, ang tunog ng paghihiganti ni Yahweh
sa kanyang mga kaaway. 7 Bago humilab ang kanyang
tiyan, siya ay manganganak; bago siya lukuban ng sakit,
siya ay nagsilang ng isang lalaki. 8 Sino ang nakarinig at
nakakita na ng ganung bagay? Maaari bang isilang ang
isang lupain sa isang araw? Maaari bang maitatag ang isang
bansa sa isang sandali? Gayunman sa sandaling humilab
ang tiyan ng Sion, nagsilang siya sa kanyang mga anak.
9 Dadalhin ko ba ang isang sanggol sa may labasan ng
panganganak at hindi pahihintulutan ang pagluwal nito? —
tinatanong ni Yahweh. O dadalhin ko ba ang isang bata
sa panahong dapat nang iluwal at pagkatapos pipigilan
ang pagsilang nito? — tinatanong ng inyong Diyos. 10
Makisaya sa Jerusalam at magalak para sa kanya, lahat
kayong nagmamahal sa kanya, kayo'y makisaya sa kanya,
lahat kayong nagdalamhati para sa kanya! 11 Dahil kayo
ay pasususuhin at masisiyahan; sa kanyang dibdib kayo
ay magiginhawahan, dahil makakainom kayo ng lubos at
masisiyahan kayo sa kasaganaan ng kanyang kaluwalhatian.
12 Ito ay kung anong sinabi ni Yahweh, "Palalaganapin ko
na ang kasaganaan sa kanya tulad ng isang ilog, at ang
kayamanan ng mga bansa tulad ng umaapaw na batis. Ikaw
ay pasususuhin sa kanyang tabi, bubuhatin sa kanyang mga
bisig, at ihehele sa kanyang kandungan. 13 Gaya ng pag-
aaliw ng isang ina sa kanyang anak, gayun din aaliwin ko
kayo, at kayo ay aaliwin sa Jerusalem. 14 Makikita ninyo ito
at masisiyahan ang inyong puso, at ang inyong mga buto ay
uusbong gaya ng murang damo. Mahahayag ang kamay
ni Yahweh sa kaniyang mga lingkod, pero magagalit siya
sa kaniyang mga kaaway. 15 Kaya masdan ninyo, darating
si Yahweh na may apoy, at ang kaniyang mga karwahe
ay darating tulad ng malakas na bagyo para dalhin ang
sidhi ng kaniyang galit at ang kaniyang pagsaway na may
lagablab ng apoy. 16 Dahil pinapatupad ni Yahweh ang
paghahatol sa sangkatauhan sa pamamagitan ng apoy at
kaniyang espada. Marami ang mapapatay ni Yahweh. 17
Itinatalaga at ginagawa nilang dalisay ang kanilang mga
sarili kay Yahweh para makapasok sila sa mga hardin,
kasunod ng mga kumakain ng laman ng baboy at kasuklam-
suklam na mga bagay gaya ng mga daga. "Darating sila
sa pagwawakas— ito ang pahayag ni Yahweh. 18 Dahil
nalalaman ko ang kanilang mga ginagawa at iniisip. Darating
ang panahon na titipunin ko lahat ng mga bansa at mga
wika. Darating sila at makikita nila ang aking kaluwalhatian.
19 Maglalagay ako ng isang makapangyarihang tanda sa
kanila. Pagkatapos ipapadala ko ang mga nakaligtas mula
sa kanila sa mga bansa: Sa Tarsis, Put, at Lud, mga
mamamana na gumagamit ng kanilang mga palaso, sa
Tubal, Javan at sa mga malalayong baybayin kung saan sila
ay hindi pa nakarinig ng tungkol sa akin ni nakakita ng aking
kaluwalhatian. Ipapahayag nila ang aking kaluwalhatian sa
mga bansa. 20 Bilang isang handog kay Yahweh, ibabalik
nila ang lahat ng inyong mga kababayan sa lahat ng mga
bansa. Sila ay darating na sakay ng mga kabayo, at mga
nasa karwahe, sa bagon, sa mga asno, at mga kamelyo
patungo sa aking banal na bundok sa Jerusalem— sinabi
ni Yahweh. Dahil ang bayan ng Israel ay magdadala ng
handog na butil na nasa malinis na sisidlan patungo sa
tahanan ni Yahweh. 21 Ang iba sa mga ito ay pipiliin ko
bilang mga pari at mga Levita— sinabi ni Yahweh. 22 Ito ang
pahayag ni Yahweh— kung gaano katagal mananatili sa
harapan ko ang bagong langit at ang bagong lupa na aking
gagawin, ganoon din katagal mananatili ang inyong kaapu-
apuhan, at ang inyong pangalan ay mananatili. 23 Sinabi ni
Yahweh— Mula sa isang buwan hanggang sa mga susunod,
at mula sa isang Araw ng Pamamahinga hanggang sa mga
susunod, lahat ng mga tao ay darating para yumukod sa
akin. 24 Lalabas sila at makikita nila ang mga bangkay ng
mga taong nagrebelde laban sa akin, dahil ang mga uod
na kakain sa kanila ay hindi mamamatay, at ang apoy na
lalamon sa kanila ay hindi maaapula; at ito ay magiging
nakakadiri sa buong sangkatauhan."

# Jeremias

**1** Ito ang salita ni Jeremias na anak ni Hilkias, isa siya sa
mga pari sa Anatot sa lupain ng Benjamin. **2** Dumating
sa kaniya ang salita ni Yahweh noong ikalabintatlong taon
ng paghahari ni Josias na anak ni Ammon na hari ng
Juda. **3** Muli itong dumating sa mga araw ni Jehoiakim
na anak ni Josias na hari ng Juda hanggang sa ikalimang
buwan ng ikalabing isang taon ng paghahari ni Zedekias
na anak ni Josias na hari ng Juda, nang binihag ang
mga taga-Jerusalem bilang mga bilanggo. **4** Dumating
sa akin ang salita ni Yahweh na nagsasabi, **5** “Bago kita
binuo sa sinapupunan, pinili na kita. Bago ka ipanganak,
itinalaga na kita. Ginawa kitang propeta sa mga bansa.” **6**
“O! Panginoong Yahweh!” Sinabi ko, “Hindi ako marunong
magsalita sapagkat napakabata ko pa.” **7** Ngunit sinabi sa
akin ni Yahweh, “Huwag mong sabihin na, 'Napakabata ko
pa.' Dapat kang pumunta saanman kita ipadala at dapat
mong sabihin ang anumang iuutos ko sa iyo! **8** Huwag kang
matakot sa kanila sapagkat sasamahan kita upang iligtas
ka. Ito ang pahayag ni Yawheh.” **9** Pagkatapos, iniabot
ni Yahweh ang kaniyang kamay, hinipo niya ang aking
bibig at sinabi, “Ngayon, inilagay ko ang aking mga salita
sa iyong bibig. **10** Hinihirang kita ngayon sa mga bansa
at sa mga kaharian upang magbunot at magpabagsak,
magsira at magwasak, magtayo at magtatag. **11** Dumating
ang salita ni Yahweh sa akin na nagsasabi, “Ano ang iyong
nakikita Jeremias?” Sinabi ko, “Nakikita ko ang sanga ng
almendra.” **12** Sinabi sa akin ni Yahweh, “Nakita mong
mabuti, sapagkat nagbabantay ako sa aking mga salita
upang maisakatuparan ito.” **13** Dumating sa akin ang salita
ni Yahweh sa pangalawang pagkakataon at sinabi, “Ano ang
iyong nakikita? “Sinabi ko, “Nakikita ko ang isang pinakuluan
na palayok, na nakatagilid mula sa hilaga.” **14** Sinabi sa
akin ni Yahweh, “Kapahamakan ang mangyayari sa lahat ng
naninirahan sa lupaing ito na magmumula sa hilaga.” **15**
Sapagkat tinatawagan ko ang lahat ng tribo sa mga hilagang
kaharian, pahayag ni Yahweh. Darating sila at ilalagay nila
ang kanilang trono sa pasukan sa mga tarangkahan ng
Jerusalem, laban sa lahat ng pader na nakapaligid dito, at
laban sa lahat ng mga lungsod ng Juda. **16** Ihahayag ko ang
hatol laban sa kanila dahil sa lahat ng kanilang kasamaan sa
pagtalikod sa akin, sa pagsusunog ng mga insenso sa ibang
mga diyos at sa pagsamba sa mga ginawa ng sarili nilang
mga kamay. **17** Ihanda mo ang iyong sarili! Tumayo ka at
sabihin mo sa kanila ang lahat ng iniuutos ko sa iyo. Huwag
kang manlupaypay sa kanila, baka panlupaypayin kita sa
harapan nila! **18** Tingnan mo! Ngayong araw, ginawa kitang
matatag na lungsod, isang haliging bakal at mga pader na
tanso laban sa buong lupain, laban sa mga hari ng Juda
at sa kanilang mga opisyal, sa mga pari at ng mga tao sa
lupain. **19** Kakalabanin ka nila ngunit hindi ka nila matatalo
sapagkat sasamahan kita upang iligtas ka. Ito ang pahayag
ni Yahweh.”

**2** Dumating sa akin ang salita ni Yahweh at sinabi, **2**
“Pumunta ka at ipahayag mo sa pandinig ng Jerusalem.
Sabihin mo, 'Ito ang sinasabi ni Yahweh: Alang-alang sa
iyo, inaalala ko ang iyong pangako ng katapatan sa iyong
kabataan, ang iyong pag-ibig nang magkasundo tayong
magpakasal, nang sundan mo ako sa ilang, ang lupain na
walang tanim. **3** Nakalaan ang Israel para kay Yahweh, ang
unang bunga ng mga ani! Nagkakasala ang lahat ng kumain
mula sa mga unang bunga! Darating ang kasamaan sa
kanila. Ito ang pahayag ni Yahweh.” **4** Pakinggan ninyo ang
salita ni Yahweh, sambahayan ni Jacob at bawat pamilya sa
sambahayan ng Israel. **5** Ito ang sinasabi ni Yahweh, “Ano
ang pagkakamaling nakita sa akin ng inyong mga ama upang
lumayo sila sa pagsunod sa akin? At sumunod sila sa mga
walang kabuluhang diyus-diyosan at sila mismo ay naging
walang kabuluhan? **6** Hindi nila sinabi, 'Nasaan si Yahweh,
ang nagpalaya sa atin mula sa lupain ng Egipto? Nasaan si
Yahweh, ang nanguna sa atin sa ilang sa lupain ng Araba,
sa may tuyong hukay at madilim na lupain, ang lupaing
hindi nilalakaran at walang sinuman ang naninirahan?' **7**
Ngunit dinala ko kayo sa lupain ng Carmel upang kainin
ang mga bunga nito at iba pang mga magagandang bagay!
Ngunit nang dumating kayo, dinungisan ninyo ang aking
lupain, ginawa ninyong kasuklam-suklam ang aking mana!
**8** Hindi sinabi ng pari, 'Nasaan si Yawheh?' at hindi ako
inalala ng mga dalubhasa sa batas! Lumabag ang mga
pastol laban sa akin. Nagpahayag ang mga propeta para
kay Baal at lumakad sa hindi kapaki-pakinabang na mga
bagay. **9** Kaya pararatangan ko pa rin kayo at ang anak ng
inyong mga anak. Ito ang pahayag ni Yahweh. **10** Tumawid
kayo sa baybayin ng Chittim at inyong tingnan. Magpadala
kayo ng mga mensahero sa Cedar upang malaman at
makikita ninyo kung mayroong nangyari noon na gaya
nito. **11** May bansa bang ipinagpalit ang mga diyos kahit
hindi naman sila mga diyos? Ngunit ipinagpalit ng aking
mga tao ang kanilang kaluwalhatian sa hindi makakatulong
sa kanila. **12** Manginig kayo, mga kalangitan dahil dito!
Masindak kayo at mangilabot. Ito ang pahayag ni Yahweh. **13**
Sapagkat nakagawa sa akin ang aking mga tao ng dalawang
kasamaan. Pinabayaan nila ang mga bukal na nagbibigay-
buhay sa paggawa ng mga balon para sa kanilang mga
sarili, mga sirang balon na walang tubig! **14** Alipin ba ang
Israel? Hindi ba siya isinilang sa tahanan? Kung gayon, bakit
siya ninakawan? **15** Umaatungal ang mga batang leon laban

sa kaniya. Nagsihiyawan sila at ginawang katakot-takot ang
kaniyang lupain! Nawasak ang kaniyang mga lungsod ng
walang sinuman ang naninirahan. 16 Inahitan rin ng mga
taga-Memfis at taga-Tafnes ang iyong bungo at ginawa kang
alipin! 17 Hindi mo ba ito ginawa sa iyong sarili nang talikuran
mo si Yahweh na iyong Diyos habang pinangungunahan
ka niya sa iyong paglalakbay? 18 Kaya ngayon, bakit ka
pupunta sa Egipto at iinom ng tubig sa Sikor? Bakit ka
pupunta sa Asiria at iinom ng tubig sa Ilog ng Eufrates? 19
Sinasaway ka ng iyong kasamaan at pinarurusahan ka ng
iyong kataksilan. Kaya pag-isipan mo ito, unawain mo na
masama at mapait para sa iyo na talikuran ako at hindi na
ako katakutan, akong si Yahweh na iyong Diyos. Ito ang
pahayag ni Yahweh, ang Panginoon ng mga hukbo. 20
Sapagkat sinira ko ang iyong pamatok na mayroon ka noong
mga sinaunang araw, sinira ko ang iyong mga tanikala.
Ngunit sinabi mo pa rin, 'Hindi ako maglilingkod!' sapagkat
yumuko ka sa bawat matataas na burol at sa ilalim ng bawat
madahong puno, ikaw na mangangalunya. 21 Ngunit ako
mismo ang nagtanim sa iyo bilang isang piniling puno ng
ubas, na isang tunay na binhi. Ngunit papaanong nagbago
ka sa akin, isang hindi tapat mula sa ibang puno ng ubas! 22
Sapagkat kahit linisin mo ang iyong sarili sa ilog o maghugas
ka ng matapang na sabon, ang iyong pagkakasala ay isang
bahid sa aking harapan. Ito ang pahayag ng Panginoong
Yahweh. 23 Paano mo nasasabi, "Hindi ako nadungisan!
Hindi ako sumunod sa mga Baal? Tingnan mo ang iyong
pag-uugali sa mga lambak! Unawain mo ang iyong ginawa,
para kang kamelyo na nagmamadaling tumakbo sa sarili
nitong daan! 24 Isa kang mailap na asno, na sanay sa ilang,
nananabik sa buhay at humihingal sa walang kabuluhang
hangin! Sino ang makapagbabalik sa kaniya kapag siya ay
nag-iinit? Hindi mapapagod ang sinumang maghahanap sa
kaniya. Pinupuntahan siya sa kabuwanan ng kaniyang pag-
iinit. 25 Dapat mong iwasan na walang suot ang iyong mga
paa at ang iyong lalamunan sa pagkauhaw! Ngunit sinabi
mo, 'Walang pag-asa! Hindi, iniibig ko ang mga dayuhan at
sasama ako sa kanila!' 26 Katulad ng kahihiyan ng isang
magnanakaw kapag siya ay nahuli, gayon din ang kahihiyan
ng sambahayan ng Israel. Sila, ang kanilang mga hari, mga
prinsipe, mga pari, at mga propeta! 27 Sila ang mga nagsabi
sa puno, 'Ikaw ang aking ama,' at sa bato, 'Ipinanganak mo
ako.' Sapagkat nakaharap sa akin ang kanilang likuran at
hindi ang kanilang mga mukha. Gayunpaman, sinasabi nila
sa oras ng mga kaguluhan, 'Tumayo ka at iligtas mo kami!'
28 Ngunit nasaan ang mga diyos na inyong ginawa para sa
inyong mga sarili? Patayuin ninyo sila kung nais nila kayong
iligtas sa oras ng inyong mga kaguluhan, sapagkat kasindami
ng inyong diyos ang inyong mga lungsod, oh Juda! 29 Kaya
bakit ninyo ako pinararatangan na gumagawa ng masama?
Nagkasala kayong lahat sa akin. Ito ang pahayag ni Yahweh.
30 Pinarusahan ko ang inyong mga tao ng walang kabuluhan.
Hindi nila tinanggap ang pagtutuwid. Nilamon ng inyong mga
tabak ang mga propeta gaya ng mapaminsalang leon! 31
Kayong mga nabibilang sa salinlahing ito! Bigyan ninyo ng
pansin ang aking salita, ang salita ni Yahweh! Naging ilang
ba ako sa Israel? O naging lupain ng matinding kadiliman?
Bakit sinasabi ng aking mga tao, 'Maglibot tayo, hindi na
kami pupunta sa iyo kailanman'? 32 Makakalimutan ba
ng isang birhen ang kaniyang alahas, o ang talukbong ng
babaing ikakasal? Ngunit nakalimutan na ako ng aking mga
tao sa hindi na mabilang na mga araw! 33 Ganoon ka na
lamang kahusay na humanap ng pag-ibig. Itinuro mo pa ang
iyong mga pamamaraan sa mga makasalanang kababaihan.
34 Nakita sa iyong mga kasuotan ang dugo ng mga dukha at
walang kasalanang tao. Sila ang mga taong hindi nahuli
sa mga gawaing pagnanakaw. 35 Sa halip, sa lahat ng
bagay na ito, patuloy mong sinasabi, 'Wala akong kasalanan,
tiyak na hindi ibabaling ni Yahweh ang galit sa akin.' Ngunit
tingnan mo! Mahahatulan ka sapagkat sinabi mo, 'Hindi
ako nagkasala.' 36 Bakit ninyo itinuturing na napakadali ng
pagbabagong ito sa inyong pamamaraan? Bibiguin ka rin ng
Egipto gaya ng ginawa sa iyo ng Asiria. 37 Malulungkot ka
ring lalabas mula roon na nakapatong ang iyong mga kamay
sa iyong ulo, sapagkat tinanggihan ni Yahweh ang iyong
mga pinagkatiwalaan upang hindi ka nila matulungan."

3 "Sinabi nila, 'Pinapaalis ng isang lalaki ang kaniyang
asawa, kaya umalis siya at naging asawa ng ibang lalaki.
Dapat ba siyang bumalik muli sa kaniyang asawang babae?
Hindi ba siya ganap ng marumi?' Ang babaing iyan ay ang
lupaing ito! Kumilos ka na gaya ng babaing bayaran na may
maraming kakampi at ngayon nais mo bang bumalik sa
akin? Ito ang pahayag ni Yahweh. 2 Tumingala ka sa mga
tigang na burol at tingnan mo! Saan ka hindi nakipagsiping?
Nakaupo ka sa mga tabing-daan at hinihintay ang iyong
mga mangingibig, gaya ng isang taong pagala-gala sa ilang.
Dinungisan mo ang lupain ng iyong kahalayan at kasamaan.
3 Kaya pinigilan ko ang pagbuhos ng ulan ng tagsibol at
hindi na pumatak ang huling ulan. Ngunit mapagmataas
ang iyong mukha, gaya ng mukha ng babaing bayaran.
Tinanggihan mong maramdaman ang kahihiyan. 4 Hindi
ka ba tatawag sa akin simula sa oras na ito, 'Aking ama!
Ikaw ang pinakamatalik kong kaibigan magmula pa sa aking
kabataan. 5 Magagalit ka ba magpakailanman? Palagi mo
bang itatago ang iyong galit?' Tingnan mo! Ipinahayag mo na
gagawa ka ng kasamaan at ginawa mo ito. Kaya ipagpatuloy
mo itong gawin!" 6 Kaya sinabi sa akin ni Yahweh sa mga
araw ni Josias na hari, 'Nakikita mo ba kung gaano kataksil

ang Israel sa akin? Nagtutungo siya sa bawat mataas na
bundok at sa ilalim ng bawat mayabong na punong kahoy
at doon, siya ay kumikilos gaya ng babaing bayaran. **7**
Sinabi ko, 'Pagkatapos niyang gawin ang lahat ng mga
bagay na ito, babalik siya sa akin,' ngunit hindi siya bumalik.
At nakita ng taksil niyang kapatid na Juda ang kaniyang
ginawa. **8** Kaya nakita ko na sa lahat ng mga dahilang ito,
nangalunya siya. Israel na tuluyang tumalikod! Pinalayas ko
siya at binigyan ng mga atas ng pakikipaghiwalay. Ngunit
hindi natakot ang taksil niyang kapatid na Juda, lumabas at
kumilos din siya gaya ng babaing bayaran! **9** Walang halaga
sa kaniya na dinungisan niya ang lupain, kaya gumawa sila
ng mga diyus-diyosan mula sa bato at punongkahoy. **10**
At pagkatapos ng lahat ng ito, hindi bumalik sa akin nang
buong puso ang taksil niyang kapatid na Juda, kundi isang
kasinungalingan! Ito ang pahayag ni Yahweh." **11** At sinabi
ni Yahweh sa akin, "Ang taksil na Israel ay mas matuwid
kaysa sa taksil na Juda! **12** Pumunta ka at ihayag ang mga
salitang ito sa hilaga. Sabihin mo, 'Magbalik ka taksil na
Israel. Ito ang pahayag ni Yahweh. Sapagkat tapat ako, hindi
ako mananatiling galit magpakailanman. Ito ang pahayag
ni Yahweh **13** Aminin mo ang iyong malaking kasalanan,
sapagkat lumabag ka laban kay Yahweh na iyong Diyos,
nakisama ka sa mga dayuhan sa ilalim ng bawat mayabong
na punongkahoy! Sapagkat hindi mo pinakinggan ang aking
tinig! Ito ang pahayag ni Yahweh. **14** Magbalik kayo mga
taksil na tao! Sapagkat pinakasalan ko kayo! Kukunin ko
kayo, isa sa isang lungsod, dalawa sa isang angkan at
dadalhin ko kayo sa Zion! Ito ang pahayag ni Yahweh.
**15** Bibigyan ko kayo ng mga pastol na umiibig sa akin at
pamumunuan nila kayo nang may katalinuhan at kaalaman.
**16** At mangyayari nga na dadami kayo at mamumunga sa
lupain sa mga araw na iyon. Ito ang pahayag ni Yahweh.
Hindi na nila sasabihin, "Ang kaban ng tipan ni Yahweh!"
Hindi na aalalahanin ng kanilang mga puso ang bagay na
ito, sapagkat hindi na nila iisipin ang tungkol dito o bibigyang
pansin ito. Ang pahayag na ito ay hindi na gagawin.' **17** Sa
oras na iyon ihahayag nila ang tungkol sa Jerusalem, 'Ito
ang trono ni Yahweh at magtitipon ang lahat ng bansa sa
Jerusalem sa ngalan ni Yahweh. Hindi na sila maglalakad sa
katigasan ng kanilang mga masasamang puso. **18** Sa mga
araw na iyon, maglalakad ang sambahayan ng Juda kasama
ang sambahayan ng Israel. Magkasama silang pupunta
mula sa lupain sa hilaga patungo sa lupaing ibinigay ko sa
inyong mga ninuno bilang kanilang mana. **19** Para sa akin,
sinabi ko, 'Gayon na lamang kita nais parangalan bilang
aking anak na lalaki at bigyan ka ng kaaya-ayang lupain,
isang mana na mas maganda kaysa sa anumang nasa ibang
bansa!' Sasabihin ko, 'Tatawagin mo ako, "aking Ama".'
Sasabihin ko na hindi ka dapat tumalikod sa pagsunod sa
akin. **20** Ngunit gaya ng isang babaing taksil sa kaniyang
asawa, pinagtaksilan mo ako, sambahayan ng Israel. Ito ang
pahayag ni Yahweh." **21** "Isang ingay ang narinig sa mga
kapatagan, ang pag-iyak at pagsusumamo ng mga Israelita!
Sapagkat binago nila ang kanilang mga pamamaraan,
nilimot nila ako, si Yahweh na kanilang Diyos. **22** Magbalik
kayo, mga taong taksil! Pagagalingin ko kayo sa inyong
kataksilan!" "Masdan! Lalapit kami sa iyo, sapagkat ikaw si
Yahweh na aming Diyos! **23** Kasinungalingan lamang ang
nagmumula sa mga burol, mula sa mga kabundukan. Tiyak
na ang kaligtasan ng Israel ay na kay Yahweh lamang na
ating Diyos. **24** Ngunit inubos ng kahiya-hiyang mga diyus-
diyosan ang pinaghirapan ng ating mga ninuno, ang kanilang
mga kawan at baka, ang kanilang mga anak na lalaki at
babae! **25** Humiga tayo sa kahihiyan. Takpan nawa tayo ng
ating kahihiyan, sapagkat nagkasala tayo kay Yahweh na
ating Diyos! Tayo mismo at ang ating mga ninuno, mula sa
panahon ng ating kabataan hanggang sa kasalukuyan ay
hindi nakinig sa tinig ni Yahweh na ating Diyos.

**4** Ito ang pahayag ni Yahweh. "Kung babalik ka Israel,
dapat lamang na sa akin ka bumalik. Kung inalis mo
ang mga kasuklam-suklam na bagay sa aking harapan
at hindi na lilihis muli sa akin **2** at kung ipapangako mo,
'Namumuhay si Yahweh sa katotohanan, katarungan at
katuwiran,' hihilingin ng mga bansa ang aking pagpapala at
pupurihin nila ako. **3** Sapagkat ito ang sinasabi ni Yahweh sa
bawat tao sa Juda at Jerusalem, 'Bungkalin ninyo ang sarili
ninyong lupain at huwag kayong maghasik sa mga matitinik.
**4** Maging tuli kay Yahweh at alisin ninyo ang kasamaang
bumabalot sa inyong puso, mga kalalakihan ng Juda at
mga naninirahan sa Jerusalem, kung hindi, lalabas ang
aking galit gaya ng apoy at sunog na walang sinumang
makapapatay nito. Mangyayari ito dahil sa kasamaan ng
inyong mga gawa. **5** Ibalita sa Juda at hayaan itong marinig
sa Jerusalem. Sabihin ninyo, "Hipan ang trumpeta sa lupain."
Ihayag ninyo, 'Magtipun-tipon. Pumunta tayo sa matitibay na
mga lungsod." **6** Itaas ang bandilang panghudyat at ituro
ito sa Zion at tumakbo para sa kaligtasan! Huwag kayong
manatili sapagkat magdudulot ako ng sakuna mula sa hilaga
at isang malaking pagkawasak. **7** Isang leon ang paparating
mula sa kasukalan at naghahanda na ang wawasak ng mga
bansa. Iiwan niya ang kaniyang lugar upang magdala ng
matinding takot sa inyong lupain, upang wasakin ang inyong
mga lungsod kung saan walang sinuman ang maninirahan. **8**
Dahil dito, magsuot kayo ng damit panluksa, magsipanaghoy
at magsitangis. Sapagkat hindi nawala ang matinding poot ni
Yahweh sa atin. **9** Ito ang pahayag ni Yahweh. At mangyayari
ito sa araw na iyon, na ang puso ng hari at ng kaniyang

mga opisyal ay mamamatay. Manlulumo ang mga pari at
manginginig sa takot ang mga propeta.'" **10** Kaya sinabi ko,
'Oh! Panginoong Yahweh. Tunay nga na nilinlang mo ng
lubusan ang mga taong ito at ang Jerusalem sa pagsasabi,
'Magkakaroon kayo ng kapayapaan.' Ngunit nag-aaklas ang
mga espada laban sa kanilang mga buhay. **11** Sa oras na
iyon, sasabihin ito sa mga tao at sa Jerusalem, "Isang nag-
aapoy na hangin mula sa mga kapatagan sa disyerto ang
darating sa anak na babae ng aking mga tao. Hindi ito ang
magtatahip o maglilinis sa kanila. **12** Isang hangin na mas
malakas pa dito ang darating sa aking utos, at ngayon ay
hahatulan ko sila. **13** Tingnan ninyo, lumulusob siya katulad
ng mga ulap at ang kaniyang mga karwahe ay gaya ng isang
bagyo. Ang kaniyang mga kabayo ay mas mabilis pa kaysa
sa mga agila. Kaawa-awa tayo sapagkat mawawasak tayo!
**14** Linisin mo ang iyong puso mula sa kasamaan, Jerusalem,
upang ikaw ay maaaring maligtas. Gaano katagal mong
iisipin ng malalim ang tungkol sa kung paano magkasala?
**15** Sapagkat ang isang tinig ay nagdadala ng mga balita
mula sa Dan at narinig ang paparating na sakuna mula sa
kabundukan ng Efraim. **16** Hayaang isipin ng mga bansa ang
tungkol dito. Tingnan ninyo, ipahayag ninyo sa Jerusalem na
paparating ang mga mananakop sa malayong lupain upang
sumigaw ng pakikidigma laban sa mga lungsod ng Juda. **17**
Magiging tulad sila ng mga kalalakihang tagapagbantay na
nakapalibot sa sinasakang bukid, sapagkat naghihimagsik
siya laban sa akin. **18** At ang iyong mga pag-uugali at
mga gawain ang gumawa ng mga bagay na ito sa iyo. Ito
ang magiging kaparusahan mo. Magiging katakot-takot ito!
Tatagos ito sa kaibuturan ng iyong puso. Ito ang pahayag
ni Yahweh. **19** Aking puso! Aking puso! Nagdadalamhati
ang aking puso. Gulung-gulo ang aking puso. Hindi ako
matahimik sapagkat naririnig ko ang tunog ng tambuli,
isang hudyat ng labanan. **20** Pagkagiba pagkatapos ng
pagkagiba ang inihayag, sapagkat biglang nawasak ang
lahat ng lupain. Bigla nilang winasak ang aking tabernakulo
at ang aking tolda. **21** Gaano katagal kong makikita ang
pamantayan? Maririnig ko ba ang tunog ng tambuli? **22**
Sapagkat ang kahangalan ng aking mga tao ay hindi nila
ako kilala. Mga hangal silang tao at wala silang pang-unawa.
Mahusay sila sa paggawa ng kasamaan ngunit hindi nila
alam ang gumawa ng kabutihan. **23** Nakita ko ang lupain at
tingnan mo! Wala itong hugis at walang laman. Sapagkat
walang liwanag sa kalangitan. **24** Tiningnan ko ang mga
kabundukan. Masdan, nanginginig sila at nayayanig ang
lahat ng mga burol. **25** Tumingin ako. Masdan, wala ni isa
man at nagsitakas ang lahat ng ibon sa kalangitan. **26**
Tumingin ako. Masdan, ang mga halamanan ay naging isang
ilang at ang lahat ng mga lungsod ay pinabagsak sa harapan
ni Yahweh, sa harap ng kaniyang matinding poot." **27** Ito ang
sinasabi ni Yahweh, "Ang lahat ng lupain ay mawawasak,
ngunit hindi ko sila lubos na sisirain. **28** Sa kadahilanang ito,
magdadalamhati ang lupain at ang kalangitan sa itaas ay
magdidilim. Sapagkat inihayag ko ang aking mga layunin,
hindi ko ito babawiin, hindi ko tatalikuran ang pagpapatupad
ng mga ito. **29** Ang bawat lungsod ay tatakas mula sa
ingay ng mga mangangabayo at mamamana, tatakbo sila
sa kagubatan. Bawat lungsod ay aakyat sa mga mabatong
lugar. Mapapabayaan ang mga lungsod, sapagkat walang
sinuman ang maninirahan dito. **30** Ngayong nawasak ka na,
ano ang gagawin mo? Bagaman nakasuot ka ng mapulang
damit, nakagayak ng gintong alahas at pinalalaki ng pintang
pampaganda ang iyong mga mata, itinakwil ka na ng mga
kalalakihang nagnasa sa iyo. Sa halip, sinusubukan ka nilang
patayin. **31** Kaya narinig ko ang ingay ng pagdadalamhati,
pagdaing gaya ng pagsilang sa panganay na anak, ang
ingay ng anak na babae ng Zion. Hinihingal siya. Iniunat
niya ang kaniyang mga kamay. 'Kaawa-awa ako! Nanghihina
ako dahil sa mga mamamatay-taong ito.'"

**5** "Magmadali ka sa mga lansangan ng Jerusalem,
maghanap din sa mga pamilihan ng kaniyang lungsod.
Tingnan at pag-isipan ang tungkol dito. Kung makakatagpo
ka ng tao o sinumang kumikilos nang makatarungan at
sinusubukang kumilos nang tapat, patatawarin ko ang
Jerusalem. **2** Kahit na sinasabi nila, 'Sa pamamagitan
ng buhay ni Yahweh,' sumusumpa sila ng hindi totoo." **3**
Yahweh, hindi ba't tumitingin ka sa katapatan? Hinampas mo
ang mga tao ngunit hindi sila nakaramdam ng sakit. Ganap
mo silang nilipol, ngunit tumanggi pa rin silang tanggapin
ang iyong pagdidisiplina. Ginawa nilang mas matigas kaysa
sa bato ang kanilang mga mukha sapagkat tumanggi silang
magsisi. **4** Kaya sinabi ko, "Totoong mahihirap lamang ang
mga taong ito. Mga hangal sila, sapagkat hindi nila alam ang
mga pamamaraan ni Yahweh ni ang mga atas ng kanilang
Diyos. **5** Pupuntahan ko ang mga mahahalagang tao at
ihahayag sa kanila ang mga mensahe ng Diyos, dahil kahit
papaano ay alam nila ang mga pamamaraan ni Yahweh, ang
mga atas ng kanilang Diyos. Ngunit sama-sama nilang sinira
ang kanilang mga pamatok, sinira nila ang mga tanikalang
nag-uugnay sa kanila sa Diyos. **6** Kaya isang leon mula
sa kasukalan ang sasalakay sa kanila. Isang lobo mula sa
Araba ang wawasak sa kanila. Isang nagkukubling leopardo
ang darating laban sa kanilang mga lungsod. Ang sinumang
lalabas sa kaniyang lungsod ay lalapain. Sapagkat tumindi
ang kanilang mga pagkakasala. Ang kanilang kataksilan ay
walang hangganan. **7** Bakit ko patatawarin ang mga taong
ito? Tinalikuran ako ng iyong mga anak at sumumpa sa
mga hindi diyos. Binusog ko sila, ngunit nangalunya sila at

ginugol ang mga panahon sa bahay aliwan. 8 Mga kabayo
silang nag-iinit. Naglilibot sila sa kagustuhang makipagtalik.
Bawat lalaki ay humahalinghing sa asawa ng kaniyang
kapwa. 9 Kaya hindi ko ba sila dapat parusahan at hindi
ko ba dapat ipaghiganti ang aking sarili sa bansang gaya
nito? Ito ang pahayag ni Yahweh. 10 Akyatin ninyo ang
bakuran ng kaniyang mga ubasan at wasakin. Ngunit huwag
silang lubusang wasakin. Putulin ang kanilang mga puno ng
ubas, sapagkat ang mga puno ng ubas na iyon ay hindi
galing kay Yahweh. 11 Sapagkat labis akong pinagtaksilan
ng mga sambahayan ng Israel at Juda. Ito ang pahayag
ni Yahweh. 12 At ikinaila nila ako. Sinabi nila, 'Hindi siya
totoo. Hindi darating sa atin ang kasamaan, ni hindi tayo
makakakita ng espada o taggutom. 13 Sapagkat naging
walang silbi ang mga propeta gaya ng hangin at wala ni isa
ang magpapahayag sa atin ng mga mensahe ni Yahweh.
Hayaang dumating sa kanilang mga sarili ang kanilang mga
pagbabanta.'" 14 Kaya sinabi ito ni Yahweh na Diyos ng mga
hukbo, "Dahil sinabi ninyo ito, tingnan mo, ilalagay ko na ang
aking salita sa iyong bibig. Magiging tulad ito ng apoy at ang
mga taong ito ay magiging tulad ng mga kahoy! Sapagkat
tutupukin sila nito. 15 Tingnan ninyo! Magpapadala ako ng
isang bansa mula sa malayo laban sa inyo, sambahayan
ng Israel. Ito ay magtatagal na bansa at sinaunang bansa!
Ito ay isang bansang hindi ninyo alam ang kanilang wika,
ni maiintindihan ang kanilang sinasabi. Ito ang pahayag
ni Yahweh. 16 Ang lalagyan nito ng palaso ay tulad ng
isang bukas na libingan. Lahat sila ay mga kawal. 17 Kaya
mauubos ang inyong ani, gayon din ang inyong mga anak at
ang inyong pagkain. Kakainin nila ang inyong mga kawan
at baka, kakainin nila ang mga bunga mula sa mga puno
ng inyong ubas at mga puno ng igos. Pababagsakin nila
sa pamamagitan ng espada ang inyong mga matitibay na
lungsod na inyong pinagkakatiwalaan. 18 Ngunit kahit sa mga
araw na iyon, hindi ko ninais na lubusan kayong wasakin. Ito
ang pahayag ni Yahweh. 19 Mangyayari ito kapag sinabi
ninyo, Israel at Juda, 'Bakit ginawa ni Yahweh na ating
Diyos ang lahat ng mga bagay na ito sa atin?' At sasabihin
mo Jeremias sa kanila, 'Kung paanong tinalikuran ninyo si
Yahweh at sumamba sa mga dayuhang diyos sa inyong
lupain, maglilingkod din kayo sa mga dayuhan sa isang
lupaing hindi ninyo pag-aari.' 20 Ibalita ito sa sambahayan
ni Jacob at hayaang marinig ito sa Juda. Sabihin mo, 21
'Pakinggan ninyo ito mga hangal na tao! Sapagkat ang mga
diyus-diyosan ay walang kakayahan, may mga mata sila
ngunit hindi sila nakakakita. May mga tainga sila ngunit
hindi sila nakaririnig. 22 Hindi ba ninyo ako kinatatakutan o
manginig sa aking harapan? Naglagay ako ng mga buhangin
na hangganan sa dagat, isang patuloy na atas na hindi nito
nilalabag, kahit na tumataas at bumababa ang dagat, hindi
pa rin nito nilalabag. Kahit pa dumagundong ang mga alon
nito, hindi nito nilalagpasan. Ito ang pahayag ni Yahweh. 23
Ngunit matitigas ang puso ng mga taong ito. Naghimagsik
sila at lumayo. 24 Sapagkat hindi nila sinabi sa kanilang mga
puso, "Matakot tayo kay Yahweh na ating Diyos, ang siyang
nagdadala ng ulan, ang maaga at huling ulan sa kanilang
takdang panahon at naglalaan ng mga takdang linggo ng
pag-aani para sa atin." 25 Ang inyong mga kasamaan
ang pumigil upang mangyari ang mga bagay na ito. Ang
inyong mga kasalanan ang pumigil sa mga mabubuting
bagay na dumating para sa inyo. 26 Sapagkat ang mga
masasamang kalalakihan ay matatagpuan sa aking mga tao.
Nagbabantay sila gaya ng taong nakahandang manghuli ng
mga ibon, naglalagay sila ng bitag at nanghuhuli ng mga
tao. 27 Katulad ng hawla na punung-puno ng mga ibon, ang
kanilang mga bahay ay punung-puno ng panlilinlang. Kaya
dumami sila at naging mayaman. 28 Naging mataba sila
at naging tanyag nang may kagalingan. Ginawa nila ang
lahat ng kasamaan. Hindi nila ipinaglaban ang kapakanan
ng mga tao o ang kapakanan ng mga ulila. Nagtagumpay
sila kahit na hindi sila nagbigay ng katarungan sa mga
nangangailangan. 29 Hindi ko ba sila dapat parusahan dahil
sa mga bagay na ito? At hindi ko ba ipaghihiganti ang
aking sarili sa isang bansang gaya nito? Ito ang pahayag ni
Yahweh. 30 Naganap ang mga kasamaan at katakot-takot
ang nangyari sa lupain. 31 Nagpahayag ang mga propeta
nang may panlilinlang at namuno ang mga pari gamit ang
kanilang sariling kapangyarihan. Inibig ng aking mga tao ang
mga pamamaraang ito, ngunit ano ang mangyayari sa huli?

**6** Humanap kayo ng kaligtasan, mga tao mula sa tribo ni
Benjamin, sa pamamagitan ng paglisan sa Jerusalem.
Hipan ang trumpeta sa Tekoa. Magbigay ng hudyat sa Beth-
Hakerem, sapagkat ang kasamaan ay lumilitaw mula sa
hilaga, isang matinding pagkawasak ang paparating. 2
Ang anak na babae ng Zion, mawawasak ang babaeng
maganda at mahinhin. 3 Pupunta sa kanila ang mga pastol
at ang kanilang mga kawan. Magtatayo sila ng mga tolda sa
palibot niya, magpapastol ang bawat isa sa pamamagitan
ng kaniyang sariling kamay. 4 Sasabihin ng mga hari,
"Ilaan ninyo ang inyong mga sarili sa mga diyus-diyosan
para sa labanan. Tumayo kayo, lulusob tayo sa tanghali.
Napakasama nito na naglalaho ang liwanag ng araw at
dumarating ang mga anino ng gabi. 5 Ngunit lulusob tayo sa
gabi at sirain ang kaniyang mga kuta." 6 Sapagkat ito ang
sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo: Putulin ang kaniyang
mga puno at gumawa ng mga paglusob laban sa Jerusalem.
Ito ang lungsod na dapat lusubin dahil puno ito ng pang-
aapi. 7 Gaya ng balon na patuloy na nagbibigay ng tubig,

patuloy din na gumagawa ng kasamaan ang lungsod na
ito. Narinig sa kaniya ang karahasan at kaguluhan. Patuloy
sa aking harapan ang pagdurusa at salot. 8 Jerusalem,
tanggapin mo ang pagtutuwid, kung hindi tatalikuran kita
at wawasakin, isang lupain na walang maninirahan.'" 9
Sinabi ito ni Yahweh ng mga hukbo, "Tiyak na pupulutin
nila ang mga naiwan sa Israel tulad ng isang ubasan. Muli
ninyong iabot ang inyong mga kamay upang pitasin ang
mga ubas mula sa mga puno nito. 10 Kanino ako magsasabi
at magbibigay ng babala upang makinig sila? Tingnan ninyo!
May takip ang kanilang mga tainga. Hindi nila kayang bigyan
ng pansin! Tingnan ninyo! Dumating sa kanila ang salita
ni Yahweh upang itama sila ngunit hindi nila ito nais." 11
Ngunit napuno ako ng matinding poot ni Yahweh. Napagod
ako sa pagpipigil nito. Sinabi niya sa akin, "Ibuhos mo ito
sa mga bata sa mga lansangan at sa mga pangkat ng
mga binata. Sapagkat kukunin ang bawat lalaki kasama
ang kaniyang asawa at ang bawat matanda na nabibigatan
ng mga taon. 12 Ibibigay sa iba ang kanilang mga bahay,
gayundin ang kanilang mga bukirin at mga asawa. Sapagkat
lulusubin ko sa pamamagitan ng aking kamay ang mga
naninirahan sa lupain. Ito ang pahayag ni Yahweh. 13
Sapagkat mula sa pinakahamak sa kanila hanggang sa
pinakadakila, ang bawat isa sa kanila ay makasarili para sa
hindi tapat na kapakinabangan. Mula sa propeta hanggang
sa pari, ang bawat isa sa kanila ay nandaraya. 14 Ngunit
pinagaling lamang nila ng bahagya ang sugat ng aking mga
tao, nang sabihin nila, 'Kapayapaan! Kapayapaan!' ngunit
walang kapayapaan. 15 Nahiya ba sila nang gumawa sila ng
mga kasuklam-suklam na gawain? Hindi talaga sila nahiya,
hindi sila nakaranas ng anumang kapakumbabaan. Kaya
babagsak sila kasama ng mga babagsak sa panahon na
parurusahan ko sila. Ipapatapon sila," sabi ni Yahweh. 16
Ito ang sinasabi ni Yahweh, "Tumayo kayo sa panulukang-
daan at tumingin, magtanong para sa mga lumang daan.
'Nasaan ang magandang daan na ito?' At pumunta kayo
doon at maghanap ng lugar na mapagpapahingahan para sa
inyong mga sarili. Ngunit sinabi ng mga tao, 'Hindi kami
pupunta.' 17 Nagtalaga ako para sa inyo ng mga bantay
upang pakinggan ang trumpeta. Ngunit sinabi nila, 'Hindi
kami makikinig.' 18 Kaya, mga bansa, makinig kayo! Tingnan
ninyo, kayong mga saksi, kung ano ang mangyayari sa
kanila. 19 Dinggin mo, daigdig! Tingnan mo, maghahatid ako
ng sakuna sa mga tao na ito, ang bunga ng kanilang mga
pag-iisip. Hindi nila binigyan ng pansin ang aking salita o
kautusan, sa halip itinakwil nila ito." 20 "Ano ang kahulugan
para sa akin ng pag-angat ng kamanyang mula sa Sheba? O
ng mga mabangong samyo na ito mula sa malayong lupain?
Hindi katanggap-tanggap sa akin ang inyong mga handog
na susunugin ni ang inyong mga alay. 21 Kaya sinabi ito ni
Yahweh, 'Tingnan ninyo, maglalagay ako ng katitisuran laban
sa mga taong ito. Matitisod sila dito, ang mga ama kasama
ang mga anak na lalaki. Ang mga naninirahan sa lugar na
iyon at ang kanilang kapwa ay mamamatay rin. 22 Ito ang
sinasabi ni Yahweh, 'Tingnan ninyo, dumarating ang mga tao
mula sa lupain sa hilaga. Sapagkat nahikayat na pumunta
ang isang dakilang bansa mula sa malayong lupain. 23
Kukuha sila ng mga pana at mga sibat. Malulupit sila at
walang awa. Gaya ng dagundong ng dagat ang kanilang
tunog at nakasakay sila sa mga kabayo na nakahanay bilang
mga mandirigma, anak na babae ng Zion.'" 24 Narinig natin
ang balita tungkol sa kanila. Nabali ang ating mga kamay
dahil sa kaguluhan. Napupuno tayo ng pagdadalamhati
gaya ng isang babaeng magsisilang ng sanggol. 25 Huwag
kayong pupunta sa mga bukirin at huwag kayong maglakad
sa mga lansangan sapagkat ang espada ng kaaway at ang
matinding takot ay nasa paligid. 26 Anak na babae ng aking
mga tao, magsuot kayo ng damit-panluksa at gumulong
sa alikabok ng isang paglilibing para sa kaisa-isang anak.
Magsagawa kayo ng mapait na paglilibing para sa inyong
mga sarili sapagkat biglang darating sa atin ang taga-wasak.
27 "Ginawa kita, Jeremias, na susubok sa aking bayan tulad
ng isang tao na sumusubok sa metal, kaya sisiyasatin mo at
susubukin ang kanilang mga kaparaanan. 28 Silang lahat
ang pinakamatitigas ang ulo na patuloy na sinisiraan ang
iba. Silang lahat ay mga tanso at bakal na nandaraya.
29 Ang pang-ihip ay pinainit sa pamamagitan ng apoy na
sumusunog sa kanila. Natunaw sa apoy ang tingga. Patuloy
ang pagdalisay sa kanila, ngunit wala itong saysay dahil
hindi natanggal ang kasamaan. 30 Tatawagin silang mga
itinakwil na pilak sapagkat itinakwil sila ni Yahweh."

7 Ito ang salita na dumating kay Jeremias mula kay Yahweh,
2 "Tumayo ka sa tarangkahan ng tahanan ni Yahweh at
ipahayag mo ang mga salitang ito! Sabihin mo, 'Pakinggan
ninyo ang salita ni Yahweh, lahat kayong mga taga-Juda,
kayong mga pumasok sa mga tarangkahan na ito upang
sambahin si Yahweh. 3 Ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga
hukbo na Diyos ng Israel: Gawin ninyo nang may kabutihan
ang inyong mga kaparaanan at kaugalian at hahayaan
ko kayong mamuhay sa lugar na ito. 4 Huwag ninyong
ipagkatiwala ang inyong mga sarili sa mga mapanlinlang na
salita at sabihin, "Templo ni Yahweh! Templo ni Yahweh!
Templo ni Yahweh!" 5 Sapagkat kung ganap ninyong
gagawing mabuti ang inyong mga kaparaanan at mga
kaugalian, kung ganap ninyong ipinapakita ang katarungan
sa pagitan ng isang tao at ng kaniyang kapwa. 6 Kung
hindi ninyo sinasamantala o inaabuso ang isang tao na
naninirahan sa lupain, ang ulila o ang balo at hindi dumanak

ang inosenteng dugo sa lugar na ito at hindi kayo sumunod
sa ibang mga diyos para sa inyong sariling kapahamakan. 7
Hahayaan ko kayong manatili sa lugar na ito, sa lupain na
ibinigay ko sa inyong mga ninuno magmula pa noong unang
panahon at magpakailanman. 8 Masdan ninyo! Nagtitiwala
kayo sa mga mapanlinlang na salita na hindi nakakatulong
sa inyo. 9 Nagnakaw ba kayo, pumatay at nangalunya?
At nangako ba kayo nang may panlilinlang at nag-alay
ng insenso kay Baal at sumunod sa iba pang mga diyos
na hindi ninyo kilala? 10 Kung gayon, pumunta ba kayo
at tumayo sa aking harapan sa tahanang ito kung saan
inihayag ang aking pangalan at sinabi, “Naligtas kami,” kaya
magagawa ninyo ang lahat ng mga kasuklam-suklam na
bagay na ito? 11 Ang tahanan bang ito na nagtataglay
ng aking pangalan ay isang kuta ng mga magnanakaw
sa inyong paningin? Ngunit masdan ninyo, nakita ko ito.
Ito ang pahayag ni Yahweh.' 12 'Kaya pumunta kayo sa
aking lugar na nasa Shilo, kung saan hinayaan ko ang aking
pangalan na manatili doon sa simula pa at tingnan ninyo
kung ano ang ginawa ko doon dahil sa kasamaan ng aking
mga taong Israel. 13 Kaya ngayon dahil sa paggawa ninyo
ng lahat ng mga kaugaliang ito, ito ang pahayag ni Yahweh,
'Paulit-ulit ko kayong sinabihan ngunit hindi kayo nakinig.
Tinawag ko kayo ngunit hindi kayo sumagot. 14 Kaya, kung
ano ang ginawa ko sa Shilo, gagawin ko rin sa tahanang
ito na tinawag sa aking pangalan, ang tahanan kung saan
kayo nagtiwala, ang lugar na ito na ibinigay ko sa inyo at
sa inyong mga ninuno. 15 Sapagkat palalayasin ko kayo
sa aking harapan gaya ng pagpapalayas ko sa lahat ng
inyong mga kapatid, ang lahat ng mga kaapu-apuhan ni
Efraim.' 16 At ikaw, Jeremias, huwag kang manalangin para
sa mga taong ito at huwag kang tumangis ng panaghoy o
manalangin para sa kanila at huwag kang makiusap sa akin
sapagkat hindi kita pakikinggan. 17 Hindi mo ba nakikita
kung ano ang ginagawa nila sa lungsod ng Juda at sa mga
lansangan ng Jerusalem? 18 Nagtitipon ng kahoy ang mga
bata at sinisindihan ito ng kanilang mga ama! Nagmamasa
ng harina ang mga kababaihan upang gumawa ng mga
tinapay para sa reyna ng kalangitan at nagbubuhos ng mga
inuming handog para sa ibang mga diyos upang galitin ako.
19 Ito ang pahayag ni Yahweh. Sinasaktan ba talaga nila
ako? Hindi ba ang sarili nila ang kanilang sinasaktan, kaya
nasa kanila ang kahihiyan? 20 Kaya ito ang sinasabi ng
Panginoong Yahweh, 'Tingnan ninyo, bubuhos ang aking
poot at galit sa lugar na ito, sa tao at sa hayop, sa puno
sa mga bukirin at sa bungang kahoy sa lupa. Aapoy ito at
hindi mapapatay kailanman.' 21 Ito ang sinasabi ni Yahweh
ng mga hukbo na Diyos ng Israel, 'Idagdag ninyo ang mga
handog na susunugin sa inyong mga alay at ang mga karne
mula sa mga ito. 22 Sapagkat nang pinalaya ko mula sa
lupain ng Egipto ang inyong mga ninuno, wala akong hiningi
na anuman mula sa kanila. Wala akong ibinigay na utos
tungkol sa handog na susunugin at sa mga alay. 23 Ibinigay
ko lamang sa kanila ang utos na ito, “Makinig kayo sa aking
tinig at ako ang magiging Diyos ninyo at kayo ay magiging
aking mga tao. Kaya lumakad kayo sa lahat ng kaparaanan
na iniuutos ko sa inyo upang maging maayos ito sa inyo.”
24 Ngunit hindi sila nakinig o nagbigay pansin. Namuhay
sila sa pamamagitan ng mga mapagmataas na balak ng
kanilang mga masasamang puso, kaya sila ay paurong at
hindi pasulong. 25 Simula pa noong araw na lumabas sa
lupain ng Egipto ang inyong mga ninuno hanggang sa araw
na ito, ipinadala ko sa inyo ang lahat ng aking mga lingkod
at mga propeta. Nagtiyaga akong ipadala sila. 26 Ngunit
hindi sila nakinig sa akin. Hindi nila binigyan ng pansin. Sa
halip, pinatigas nila ang kanilang mga leeg. Mas masama
sila kaysa sa kanilang mga ninuno.' 27 Kaya ipahayag mo
sa kanila ang lahat ng mga salitang ito, ngunit hindi ka nila
pakikinggan. Ipahayag mo sa kanila ang mga bagay na
ito, ngunit hindi ka nila sasagutin. 28 Sabihin mo sa kanila,
'Ito ay isang bansa na hindi nakikinig sa tinig ni Yahweh
na kaniyang Diyos at hindi tumatanggap ng pagtutuwid.
Nasira at naalis ang katotohanan mula sa kanilang mga
bibig. 29 Gupitin ninyo ang inyong buhok at mag-ahit kayo
at itapon ninyo ang inyong buhok. Umawit kayo ng mga
awiting panlibing sa mga bukas na lugar. Sapagkat itinakwil
at tinalikuran ni Yahweh ang salinlahing ito dahil sa kaniyang
matinding galit. 30 Sapagkat gumawa ng kasamaan sa
aking paningin ang mga anak ni Juda, inilagay nila ang mga
bagay na kasuklam-suklam sa tahanan kung saan inihayag
ang aking pangalan, upang dungisan ito. Ito ang pahayag
ni Yahweh. 31 Pagkatapos, itinayo nila ang dambana ng
Tofet na nasa lambak ng Ben Hinom. Ginawa nila ito upang
sunugin sa apoy ang kanilang mga anak, bagay na hindi ko
ipinag-utos. Hindi ito kailanman sumagi sa aking isipan. 32
Kaya tingnan ninyo, paparating na ang panahon na hindi
na ito tatawagin na Tofet o nayon ng Ben Hinom. Magiging
lambak ito ng Pagpatay, ililibing nila sa Tofet ang mga
bangkay hanggang wala nang maiiwang silid doon. Ito ang
pahayag ni Yahweh. 33 Magiging pagkain ng mga ibon sa
himpapawid at ng mga hayop sa lupa ang mga bangkay
ng mga tao na ito at walang sinumang makakapagpaalis
sa mga ito. 34 Wawakasan ko ang mga lungsod ng Juda
at ang mga lansangan ng Jerusalem, ang mga himig ng
pagpaparangal at pagsasaya, ang mga himig ng mga lalaki
at babaing ikakasal, yamang magiging isang malagim ang
lupain.”

8 Ito ang pahayag ni Yahweh, “Sa panahong iyon, ilalabas
nila mula sa mga libingan ang mga buto ng mga hari ng
Juda at ng mga opisyal nito, ang mga buto ng mga pari
at ng mga propeta at ang mga buto ng mga naninirahan
sa Jerusalem. 2 Pagkatapos, ikakalat nila ang mga ito sa
liwanag ng araw, ng buwan at ng mga bituin sa kalangitan,
ang mga bagay na ito sa langit na kanilang sinunod at
pinaglingkuran, na kanilang nilapitan at hinanap at kanilang
sinamba. Hindi na muling titipunin o ililibing ang mga buto.
Magiging gaya sila ng dumi sa ibabaw ng lupa. 3 Sa bawat
natitirang lugar kung saan ko sila ipinatapon, pipiliin nila
ang kamatayan sa halip na buhay para sa kanilang mga
sarili, ang lahat ng mga natitira pa mula sa masamang
bansa na ito. Ito ang pahayag ni Yahweh ng mga hukbo.
4 Kaya sabihin mo sa kanila, 'Ito ang sinasabi ni Yahweh,
May tao bang nadapa at hindi bumangon? May tao bang
naligaw at hindi sinubukang bumalik? 5 Bakit ang mga
taong ito, ang Jerusalem, ay tumalikod ng walang hanggang
pagtalikod? Nagpatuloy sila sa pagtataksil at tumangging
magsisi. 6 Binigyan ko sila ng pansin at pinakinggan ngunit
hindi tama ang kanilang sinabi. Walang sinuman ang nagsisi
sa kaniyang kasamaan, walang sinuman ang nagsabi, “Ano
ang nagawa ko?” Pumupunta silang lahat kung saan nila
nais, gaya ng kabayong pandigma na tumatakbo patungo
sa labanan. 7 Kahit ang ibon sa langit, mga kalapati, mga
layang-layang at ang mga tagak ay nalalaman ang mga
tamang panahon. Pumupunta ang mga ito sa kanilang mga
paglilipatan sa tamang panahon ngunit hindi alam ng aking
mga tao ang mga atas ni Yahweh. 8 Bakit sinasabi ninyo,
“Marurunong kami! At nasa amin ang kautusan ni Yahweh?”
Sa katunayan tingnan ninyo! Lumikha ng panlilinlang ang
mapanlinlang na panulat ng mga eskriba. 9 Mapapahiya ang
mga marurunong na tao. Nabigo sila at nabitag. Tingnan
ninyo! Itinakwil nila ang salita ni Yahweh, kaya anong silbi
ng kanilang karunungan? 10 Ibibigay ko sa iba ang kanilang
mga asawang babae at ang kanilang mga bukirin ay sa
mga magmamay-ari ng mga iyon, sapagkat magmula sa
pinakabata hanggang sa pinakadakila, napakasakim nilang
lahat! Magmula sa propeta hanggang sa pari, lahat sila
ay nagsasagawa ng panlilinlang. 11 Sapagkat ginagamot
nila ang bali ng anak na babae ng aking mga tao na
para bang wala itong halaga. Sinabi nila, “Kapayapaan,
Kapayapaan” ngunit walang kapayapaan. 12 Nahihiya ba
sila kapag gumagawa sila ng mga kasuklam-suklam na
gawain? Hindi sila nahihiya. Wala silang kapakumbabaan.
Kaya babagsak sila sa panahon ng kanilang kaparusahan
kasama ng mga bumagsak na. Ibabagsak sila, sabi ni
Yahweh. 13 Ganap ko silang aalisin, ito ang pahayag ni
Yahweh, hindi magkakaroon ng mga ubas sa puno ng
ubas, ni magkakaroon ng mga igos sa mga puno ng igos.
Sapagkat malalanta ang mga dahon at mawawala ang
ibinigay ko sa kanila. 14 Bakit tayo nakaupo dito? Magsama-
sama tayo, pumunta tayo sa mga matitibay na lungsod
at magiging tahimik ang ating kamatayan doon. Sapagkat
patatahimikin tayo ni Yahweh na ating Diyos. Paiinumin niya
tayo ng lason yamang nagkasala tayo laban sa kaniya. 15
Umaasa tayo para sa kapayapaan ngunit walang magiging
mabuti. Umaasa tayo sa oras ng kagalingan, ngunit tingnan
ninyo, magkakaroon ng kaguluhan. 16 Narinig mula sa
Dan ang pagsinghal ng kaniyang mga kabayong lalaki.
Nayayanig ang buong daigdig sa tunog ng halinghing ng
kaniyang mga malalakas na kabayo. Sapagkat darating sila
at kukunin ang lupain at ang kayamanan nito, ang lungsod
at ang mga naninirahan dito. 17 Sapagkat tingnan ninyo,
magpapadala ako sa inyo ng mga ahas, mga ulupong na
hindi ninyo kayang paamuhin. Tutuklawin kayo ng mga
ito, ito ang pahayag ni Yahweh.” 18 Walang katapusan
ang aking kalungkutan at nasasaktan ang aking puso. 19
Pakinggan ninyo! Ang hiyaw ng anak na babae ng aking
mga tao mula sa malayong lupain! Hindi ba nasa Zion si
Yahweh? O hindi ba nasa kaniya ang kaniyang hari? Bakit
kaya nila sinasaktan ang aking damdamin sa pamamagitan
ng kanilang mga inukit na imahen at mga walang kabuluhang
diyus-diyosan ng mga dayuhan? 20 Lumipas na ang anihan,
tapos na ang tag-init. Ngunit hindi tayo naligtas. 21 Nasaktan
ako dahil sa sakit na naramdaman ng anak na babae ng
aking mga tao. Nagluksa ako dahil sa mga katakot-takot na
bagay na nangyari sa kaniya, pinanghinaan ako ng loob.
22 Wala bang lunas sa Galaad? Wala bang manggagamot
doon? Bakit hindi gumagaling ang anak ng aking mga tao?

9 Kung maaari lamang magpalabas ng tubig ang aking ulo
at maging bukal ng luha ang aking mga mata! Sapagkat
nais kong umiyak sa umaga at gabi para sa mga anak ng
aking mga tao na pinatay. 2 Kung may makapagbibigay
lamang sa akin ng isang lugar sa ilang na para sa mga
manlalakbay upang panirahan, na aking mapupuntahan
upang talikuran ang aking bayan. Kung maaari ko lamang
silang iwanan, yamang mga nakikiapid silang lahat, isang
pangkat ng mga taksil! 3 Ipinahayag ni Yahweh, “Nagsasabi
ang kanilang mga dila ng mga kasinungalingan, na kanilang
mapanlinlang na sandata, ngunit hindi sila dakila sa katapatan
sa lupa. Patuloy silang gumagawa ng masama sa iba.
Hindi nila ako kilala.” 4 Bantayan ng bawat isa sa inyo ang
inyong kapwa at huwag magtiwala sa sinumang kapatid.
Sapagkat mandaraya ang bawat kapatid at namumuhay sa
paninirang-puri ang bawat kapwa. 5 Kinukutya ng bawat isa
ang kaniyang kapwa at hindi nagsasabi ng katotohanan.
Nagtuturo ng mga mapanlinlang na bagay ang kanilang

mga dila. Pagod na pagod sila sa paggawa ng malaking
kasalanan. 6 Namuhay kayo sa gitna ng pandaraya. Sa
kanilang panlilinlang, tinanggihan nila akong kilalanin. Ito
ang pahayag ni Yahweh." 7 Kaya ito ang sinasabi ni Yahweh
ng mga hukbo, "Tingnan ninyo, susubukin at susuriin ko
sila. Ano pa ang aking gagawin para sa anak ng babae ng
aking mga tao? 8 Matatalas na palaso ang kanilang mga
dila at nagsasalita sila ng mga bagay na kasinungalingan.
Sa pamamagitan ng kanilang mga bibig, naghahayag sila ng
kapayapaan sa kanilang kapwa, ngunit sa kanilang mga
puso inaabangan nila sila. 9 Hindi ko ba sila dapat parusahan
dahil sa mga bagay na ito at hindi ko ba ipaghihiganti
ang aking sarili sa bansang tulad nito? Ito ang pahayag ni
Yahweh. 10 Aawit ako ng mga awiting panluksa at panaghoy
para sa mga kabundukan, at isang awit na panlibing ang
aawitin para sa kaparangan. Sapagkat nasunog ang mga
ito kaya walang sinuman ang makadadaan dito. Hindi sila
makaririnig ng anumang huni ng baka. Nagsilayo lahat ang
mga hayop at ang mga ibon sa kalangitan. 11 Kaya gagawin
kong bunton ng pagkasira ang Jerusalem, isang taguan ng
mga asong-gubat. Gagawin kong mga wasak na lugar ang
mga lungsod ng Juda na walang maninirahan. 12 Sino ang
matalinong tao na makauunawa nito? Ano ang ipinahayag
ni Yahweh sa kaniya upang maaari niya itong iulat? Bakit
nawasak ang kalupaan? Nawasak ito tulad ng ilang, kung
saan walang sinuman ang makadadaan dito. 13 Sinasabi
ni Yahweh, "Dahil ito sa pagtalikod nila sa kautusan na
aking ibinigay sa kanila at dahil hindi nila pinakinggan ang
aking tinig o ipinamuhay ito. 14 Ito ay dahil namuhay sila
sa pamamagitan ng kanilang mga matitigas na puso at sa
pagsunod sa mga Baal tulad ng itinuro sa kanila ng kanilang
mga ama na gagawin nila. 15 Kaya, ito ang sinasabi ni
Yahweh ng mga hukbo, ang Diyos ng Israel. 'Tingnan ninyo,
pakakainin ko ang mga taong ito ng mapapait na halaman at
paiinumin ng nakalalasong tubig. 16 At ikakalat ko sila sa
mga bansa na hindi nila nakikilala maging ng kanilang mga
ninuno. Magpapadala ako ng espadang tutugis sa kanila
hanggang sa ganap ko silang mawasak.'" 17 Ito ang sinasabi
ni Yahweh ng mga hukbo, "Unawain ninyo ito: Tawagin
ninyo ang mga mang-aawit sa paglilibing at hayaan silang
lumapit, magpadala kayo ng mga babaeng mahuhusay sa
pagdadalamhati at hayaan silang lumapit. 18 Madaliin sila at
paawitin ng awiting panluksa sa atin, upang dumaloy ang
luha sa ating mga mata at daluyan ng tubig ang talukap ng
ating mga mata. 19 Sapagkat narinig sa Zion ang hiyaw ng
panaghoy. 'Ganap kaming nawasak. Labis kaming nahiya,
sapagkat nilisan namin ang lupain matapos nilang gibain
ang aming mga tahanan.' 20 Kaya kayong mga kababaihan,
pakinggan ang salita ni Yahweh, bigyang pansin ang mga
mensahe na nagmula sa kaniyang bibig. At turuan ninyo
ang inyong mga anak na babae ng awiting panluksa at sa
kapwa babae ng awiting panlibing. 21 Sapagkat dumating na
ang kamatayan sa ating mga bintana, pupunta ito sa ating
mga palasyo, pupuksain nito ang mga bata na nasa labas at
mga kabataang nasa mga pamilihan ng lungsod. 22 'Ito ang
pahayag ni Yahweh. 'Ipahayag ninyo ito, Malalaglag ang
mga bangkay ng mga tao tulad ng dumi sa kabukiran at tulad
ng mga tangkay ng butil sa likod ng manggagapas at walang
sinuman ang magtitipon sa kanila.'" 23 Ito ang sinasabi ni
Yahweh, "Huwag ninyong hayaang magyabang ang mga
matatalino sa kanilang karunungan o ang mandirigma sa
kaniyang kalakasan. Huwag ninyong hayaang magyabang
ang mayamang tao sa kaniyang kayamanan. 24 Sapagkat
kung magyayabang ang isang tao sa anumang bagay, ito
dapat ang mayroon sa kaniya, na mayroon siyang pang-
unawa at pagkilala sa akin. Sapagkat ako si Yahweh,
na gumagawa ng matapat na kasunduan, katarungan at
katuwiran sa sanlibutan. Sapagkat ito ang mga bagay na
aking kinagagalak. Ito ang pahayag ni Yahweh." 25 Tingnan
ninyo, darating ang mga araw na parurusahan ko ang lahat
ng tuli lamang sa kanilang mga katawan. Ito ang pahayag
ni Yahweh. 26 Parurusahan ko ang Egipto, Juda, Edom,
mga tao sa Ammon, Moab at lahat ng tao na nagpaputol
ng kanilang mga buhok sa ulo, na naninirahan sa disyerto.
Sapagkat hindi tuli ang lahat ng bansang ito at matigas ang
puso ng lahat ng nasa sambahayan ng Israel."

10 Pakinggan ninyo ang mga salitang ihahayag sa inyo ni
Yahweh, sambahayan ng Israel. 2 Ganito ang sinasabi
ni Yahweh, 'Huwag ninyong pag-aralan ang mga kaparaanan
ng ibang mga bansa at huwag kayong mabahala sa mga
palatandaan sa mga kalangitan, sapagkat nababahala ang
mga bansa ng dahil dito. 3 Sapagkat walang kabuluhan
ang mga kaugalian ng mga tao. Sapagkat may pumuputol
ng punong kahoy sa kagubatan. Ang mga kamay ng
manlililok ang gumagawa nito sa pamamagitan ng palakol.
4 Pagkatapos, pinapalamutian nila ito ng pilak at ginto.
Pinatitibay nila ito gamit ang martilyo at mga pako upang
hindi ito bumagsak. 5 Tulad ng panakot ng ibon sa taniman
ng pipino ang mga diyus-diyosang ito sapagkat hindi
sila makapagsalita ng anuman. Kailangan silang buhatin,
sapagkat hindi man lang sila makahakbang. Huwag ninyo
silang katakutan, sapagkat hindi nila kayang gumawa ng
masama ni makagagawa ng anumang mabuti.'" 6 Wala kang
katulad, Yahweh. Dakila ka at dakila ang kapangyarihan
ng iyong pangalan. 7 Sino ang hindi matatakot sa iyo, hari
ng mga bansa? Sapagkat ito ang karapat-dapat sa iyo,
sapagkat wala kang katulad sa lahat ng matatalinong tao
sa mga bansa o sa lahat ng kanilang mga maharlikang

kaharian. 8 Pare-pareho silang lahat, malulupit sila at hangal,
mga alagad ng diyus-diyosan na mga kahoy lamang. 9
Nagdadala sila ng pilak na pinanday mula sa Tarsis at ginto
mula sa Upaz na gawa ng mga manggagawa at ng kamay
ng mga panday. Asul at lila ang kanilang mga damit. Ang
kanilang mga dalubhasang tauhan ang gumawa ng lahat ng
bagay na ito. 10 Ngunit si Yahweh ang tunay na Diyos. Siya
ang buhay na Diyos at hari magpakailanman. Nayayanig ang
mundo at hindi kayang tiisin ng mga bansa ang kaniyang
galit. 11 Ganito ang sasabihin mo sa kanila, "Malilipol sa
lupa at sa ilalim ng kalangitan ang mga diyos na hindi
lumikha ng kalangitan at ng lupa. 12 Ang lumikha ng daigdig
sa kaniyang kapangyarihan ang nagtatag ng kalupaan sa
pamamagitan ng kaniyang karunungan at nagpalaganap ng
kalangitan sa pamamagitan ng kaniyang pang-unawa. 13
Ang kaniyang tinig ang lumilikha ng dagundong ng katubigan
sa kalangitan at siya ang nagpapaangat ng hamog mula sa
bawat sulok ng daigdig. Lumilikha siya ng kidlat para sa
ulan at nagpapalabas ng hangin mula sa kaniyang kamalig.
14 Naging mangmang ang mga tao na walang kaalaman.
Nailagay sa kahihiyan ang bawat panday dahil sa kaniyang
diyus-diyosan sapagkat manlilinlang ang mga ginawa niyang
imahen at walang buhay ang mga ito. 15 Walang silbi
ang mga ito, ang gawa ng mga mangungutya. Malilipol
sila sa panahon ng kanilang kaparusahan. 16 Ngunit hindi
nito katulad ang Diyos na kabahagi ni Jacob sapagkat
siya ang humubog sa lahat ng bagay. Ang Israel ang tribo
ng kaniyang mana, Yahweh ng mga hukbo ang kaniyang
pangalan. 17 Tipunin ang inyong bigkis at umalis sa lupain,
kayong mga taong namumuhay sa ilalim ng pananakop. 18
Sapagkat ganito ang sinasabi ni Yahweh, "Tingnan ninyo,
ipapatapon ko sa panahong ito ang mga naninirahan sa
lupain. Pahihirapan ko sila at malalaman nila ito." 19 Aba sa
akin! Dahil sa mga nabali kong buto, malubha ang aking
sugat. Kaya sinabi ko, "Tiyak na matinding paghihirap ito,
ngunit dapat ko itong tiisin." 20 Ganap na nawasak ang
aking tolda at nahati sa dalawa ang lahat ng tali nito. Kinuha
sa akin ang aking mga anak, kaya wala na sila. Wala
ng maglalatag ng aking tolda o magtataas ng aking mga
kurtina. 21 Sapagkat naging hangal ang mga pastol. Hindi
nila hinanap si Yahweh kaya hindi sila nagtagumpay at
nagsikalat ang lahat ng kanilang kawan. 22 Dumating na ang
ulat ng mga balita, "Tingnan ninyo! Parating na ito! Isang
malakas na lindol ang paparating mula sa hilagang lupain
upang sirain ang mga lungsod ng Juda at maging taguan ng
mga asong-gubat." 23 Alam ko Yahweh na ang landas ng
tao ay hindi nagmula sa kaniyang sarili. Walang tao ang
nangunguna sa sarili niyang mga hakbang. 24 Ituwid mo ako
Yahweh ng may katarungan ngunit hindi sa pamamagitan ng
iyong galit at baka mapuksa mo ako. 25 Ibuhos mo ang
iyong matinding galit sa mga bansa na hindi nakakakilala sa
iyo at sa mga pamilya na hindi tumatawag sa pangalan mo.
Sapagkat nilamon nila si Jacob at inubos siya upang ganap
na wasakin at buwagin ang kaniyang tirahan.

11 Ito ang salita na dumating kay Jeremias mula kay
Yahweh, at sinabi niya, 2 "Makinig ka sa mga salita
ng kasunduang ito, at ipahayag ang mga ito sa bawat tao
sa Juda at sa mga naninirahan sa Jerusalem. 3 Sabihin
mo sa kanila, "Ito ang sinasabi ni Yahweh, ang Diyos ng
Israel: Sumpain ang sinumang hindi makikinig sa mga salita
ng kasunduang ito. 4 Ito ang kasunduan na iniutos ko sa
inyong mga ninuno na dapat alalahanin simula ng araw
na inilabas ko sila sa lupain ng Egipto, mula sa pugon
ng tunawan ng bakal. Sinabi ko, "Makinig kayo sa aking
tinig at gawin ninyo ang lahat ng mga bagay na ito gaya
ng iniutos ko sa inyo, sapagkat kayo ang magiging tao ko
at ako ang inyong magiging Diyos." 5 Sundin ninyo ako
upang mapatunayan ko ang sumpaan na aking ipinangako
sa inyong mga ninuno, ang panunumpa na ibibigay ko sa
kanila ang lupain na umaapaw sa gatas at pulot-pukyutan
kung saan kayo naninirahan ngayon."' At, akong si Jeremias
ay sumagot at nagsabi, "Oo, Yahweh!" 6 Sinabi sa akin ni
Yahweh, "Ipahayag ang lahat ng mga bagay na ito sa mga
lungsod ng Juda at sa mga lansangan ng Jerusalem. Sabihin
mo, 'Makinig kayo sa mga salita ng kasunduang ito at gawin
ninyo ang mga ito. 7 Sapagkat nagbigay ako ng taimtim na
mga utos sa inyong mga ninuno mula ng araw na inilabas
ko sila sa Egipto hanggang sa kasalukuyang panahon,
patuloy na nagbabala sa kanila at nagsasabi, "Makinig kayo
sa aking tinig."' 8 Ngunit hindi sila nakinig o nagbigay ng
pansin. Lumalakad ang bawat tao sa katigasan ng kaniyang
masamang puso. Kaya dinala ko ang lahat ng sumpa sa
kasunduang ito na inutusan kong dumating laban sa kanila.
Ngunit hindi pa rin sumunod ang mga tao." 9 Sumunod na
sinabi sa akin ni Yahweh, "Natuklasan ang pagsasabwatan
ng mga kalalakihan ng Juda at ng mga naninirahan sa
Jerusalem. 10 Bumaling sila sa mga kasamaan ng kanilang
sinaunang mga ninuno na tumangging makinig sa aking
salita, sa halip namuhay sila sa pagsamba sa ibang mga
diyos. Sinira ng sambahayan ng Israel at sambahayan
ng Juda ang aking kasunduan na itinatag ko sa kanilang
mga ninuno. 11 Kaya ito ang sinasabi ni Yahweh, 'Tingnan
ninyo, magpapadala ako ng kapahamakan sa kanila, isang
kapahamakan na hindi nila maaaring takasan. Pagkatapos,
tatawag sila sa akin, ngunit hindi ako makikinig sa kanila. 12
Pupunta at tatawag ang mga lungsod ng Juda at ang mga
naninirahan sa Jerusalem sa mga diyos na pinagbigyan nila
ng mga alay, ngunit tiyak na hindi sila maililigtas ng mga ito

sa oras ng kanilang kapahamakan. 13 Sapagkat dumami
ang bilang ng iyong mga diyos na pumantay sa bilang ng
iyong mga lungsod, Juda. At gumawa kayo ng kahiya-hiyang
bilang ng mga altar sa Jerusalem, mga altar ng insenso
para kay Baal na pumantay sa bilang ng kaniyang mga
lansangan. 14 Kaya ikaw mismo Jeremias, hindi mo dapat
ipanalangin ang mga taong ito. Hindi ka dapat tumangis o
manalangin para sa kanila. Sapagkat hindi ako makikinig
kapag tumawag sila sa akin sa kanilang kapahamakan.
15 Bakit nasa aking tahanan ang minamahal kong mga
tao na may napakaraming masamang hangarin? Sapagkat
hindi makakatulong sa inyo ang mga nakalaang karne para
sa inyong mga alay dahil gumawa kayo ng kasamaan at
nagalak kayo dito. 16 Sa nakaraan, tinawag kayo ni Yahweh
na mayabong na puno ng olibo, maganda na may kaibig-ibig
na bunga. Ngunit magsisindi siya ng apoy dito na katulad ng
tunog ng dagundong ng bagyo, kaya mababali ang mga
sanga nito. 17 Sapagkat si Yahweh ng mga hukbo ang
nagtanim sa inyo, ang nag-atas ng kapahamakan laban
sa inyo dahil sa mga gawaing masama na ginawa ng
sambahayan ng Israel at ng sambahayan ng Juda. Ginalit
nila ako sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga alay kay
Baal.'" 18 Ipinaalam ni Yahweh sa akin ang mga bagay na
ito, kaya alam ko ang mga ito. Ikaw Yahweh, ang nagpakita
sa akin ng kanilang mga gawain. 19 Tulad ako ng isang
maamong tupa na dinala sa mangangatay. Hindi ko alam
na may binalak sila laban sa akin, "Sirain natin ang puno
maging ang mga bunga nito! Putulin natin siya sa lupain
ng mga buhay upang hindi na maalala pa ang kaniyang
pangalan." 20 Ngunit matuwid na hukom si Yahweh ng mga
hukbo na siyang sumisiyasat ng puso at isipan. Magiging
saksi ako sa iyong paghihiganti laban sa kanila, sapagkat
iniharap ko ang aking kalagayan sa iyo. 21 Kaya ito ang
sinasabi ni Yahweh tungkol sa mga taga-Anatot na umuusig
sa iyong buhay, "Sinabi nila, 'Hindi ka dapat mag-propesiya
sa ngalan ni Yahweh, o mamamatay ka sa pamamagitan ng
aming mga kamay.' 22 Kaya ito ang sinasabi ni Yahweh ng
mga hukbo, 'Tingnan mo, parurusahan ko sila. Mamamatay
sa pamamagitan ng espada ang malalakas nilang mga
kabataan. Mamamatay sa gutom ang mga anak nilang lalaki
at babae. 23 Walang matitira sa kanila dahil magdadala
ako ng kapahamakan sa mga taga-Anatot, ang panahon ng
kanilang kaparusahan.'"

**12** Sa tuwing nakikipagtalo ako sa iyo, Yahweh, ikaw ay
matuwid. Tunay nga na dapat kong sabihin sa iyo ang
aking dahilan upang magreklamo. Bakit nagtatagumpay
ang pamamaraan ng mga masasama? Nagtatagumpay ang
lahat ng mga taong walang pananampalataya. 2 Itinanim
mo sila at nagkaroon ng mga ugat. Nagpatuloy sila upang
makapamunga. Malapit ka sa kanilang mga labi, ngunit
malayo sa kanilang mga puso. 3 Ngunit ikaw mismo Yahweh,
kilala mo ako. Nakikita mo ako at sinusuri ang aking puso.
Dalhin mo sila sa katayan tulad ng isang tupa. Ibukod mo sila
para sa araw ng pagkatay. 4 Gaano katagal magpapatuloy
ang lupain sa pagluluksa at nalalanta na ang mga halaman
sa bawat bukirin dahil sa kasamaan ng mga naninirahan
dito? Nawala lahat ang mga maiilap na hayop at mga ibon.
Sa katunayan, sinasabi ng mga tao, "Hindi alam ng Diyos
kung ano ang mangyayari sa atin." 5 Sinabi ni Yahweh,
"Sapagkat kung ikaw, Jeremias ay nakipagtakbuhan sa mga
nakapaang kawal at pinagod ka nila, paano ka makikipag-
unahan sa mga kabayo? Kung nadapa ka sa kapatagan sa
ligtas na kabukiran, paano mo gagawin sa mga kasukalan
sa daan ng Jordan? 6 Sapagkat nagtaksil din sa iyo at labis
kang tinuligsa ng iyong mga kapatid na lalaki at pamilya ng
iyong ama. Huwag kang magtiwala sa kanila, kahit magsabi
pa sila ng mga mabubuting bagay sa iyo. 7 Pinabayaan ko
ang aking tahanan at tinalikuran ang aking mana. Ibinigay ko
ang aking mga minamahal na tao sa mga kamay ng kaniyang
mga kaaway. 8 Naging katulad na ng isang leon sa isang
kasukalan ang aking mana, ibinukod niya ang kaniyang sarili
laban sa akin sa pamamagitan ng sarili niyang tinig, kaya
kinamumuhian ko siya. 9 Ang aking mga mahahalagang
pag-aari ay isang mabangis na aso at pinalilibutan ng mga
ibong mandaragit ang itaas ng kaniyang ulo. Pumunta kayo
at tipunin ang lahat ng mga nabubuhay na nilalang sa mga
bukirin at dalhin ang mga ito upang kainin sila. 10 Sinira
ng maraming pastol ang aking ubasan. Tinapakan nila ang
buong bahagi ng aking lupain, ginawa nilang isang ilang at
malagim ang aking kaakit-akit na bahagi. 11 Ginawa nila
siyang isang lagim. Nagluluksa ako para sa kaniya dahil
pinabayaan siya. Pinabayaan ang buong lupain dahil wala ni
isa ang tumanggap nito sa kanilang puso. 12 Dumating ang
mga maninira laban sa lahat ng mga tigang na lugar sa ilang,
sapagkat ang espada ni Yahweh ang umuubos sa dulo ng
lupain hanggang sa iba pa. Walang kaligtasan sa lupain para
sa anumang nabubuhay na nilalang. 13 Naghasik sila ng trigo
ngunit umani ng tinik ng mga palumpong. Nagpakapagod
sila sa pagtatrabaho ngunit walang napakinabangan. "Kaya,
mahiya kayo sa inyong gawa dahil sa poot ni Yahweh." 14
Ito ang sinasabi ni Yahweh laban sa lahat ng aking mga
kapwa, ang mga taong masasama na sumira sa aking mga
pag-aari na ipinamana ko sa aking mga taong Israelita,
"Tingnan ninyo, ako ang siyang bubunot sa kanila mula sa
kanilang sariling lupain at bubunutin ko ang sambahayan
ng Juda mula sa kanila. 15 At pagkatapos kong bunutin
ang mga bansang iyon, mangyayari na magkakaroon ako
ng habag sa kanila at pababalikin ko sila. Ibabalik ko sila,

ang bawat tao sa kaniyang mana at ang kaniyang lupain.
16 Mangyayari na kapag maingat na natutunan ng mga
bansang iyon ang mga pamamaraan ng aking mga tao na
sumumpa sa aking pangalan 'Dahil buhay si Yahweh!' tulad
ng itinuro nila sa aking mga tao na sumumpa kay Baal, kung
gayon maitatayo sila sa kalagitnaan ng aking mga tao. 17
Ngunit kung sinuman ang hindi makikinig, bubunutin ko ang
bansang iyon. At tiyak itong mabubunot at mawawasak. Ito
ang pahayag ni Yahweh."

13 Sinabi ito sa akin ni Yahweh, "Pumunta ka at bumili ng
isang lino na damit-panloob at isuot mo ito sa palibot
ng iyong baywang, ngunit huwag mo muna itong ilagay
sa tubig." 2 Kaya bumili ako ng isang damit-panloob gaya
ng iniutos ni Yahweh at isinuot ko ito sa palibot ng aking
baywang. 3 At dumating ang salita ni Yahweh sa akin sa
pangalawang pagkakataon at sinabi, 4 "Kunin mo ang damit-
panloob na iyong binili na nakapalibot sa iyong baywang,
tumayo ka at maglakbay sa Eufrates. Itago mo ito doon sa
siwang ng isang bato." 5 Kaya pumunta ako at itinago ito sa
Eufrates gaya ng iniutos sa akin ni Yahweh. 6 Makalipas
ang maraming araw, sinabi sa akin ni Yahweh, "Tumayo ka
at bumalik sa Eufrates. Kunin mo mula doon ang damit-
panloob na sinabi kong itago mo." 7 Kaya, bumalik ako sa
Eufrates at hinukay ang damit-panloob kung saan ko ito
itinago. Ngunit, masdan mo! Nawasak ang damit-panloob,
hindi na ito maganda. 8 At muling dumating sa akin ang
salita ni Yahweh at sinabi, 9 "Sinasabi ito ni Yahweh: Sa
parehong paraan, wawasakin ko ang labis na kayabangan
ng Juda at Jerusalem. 10 Ang mga masasamang taong ito
na tumangging makinig sa aking mga salita, mga taong
lumalakad sa katigasan ng kanilang mga puso, mga taong
sumusunod sa ibang mga diyos upang sumamba at yumukod
sa kanila, magiging katulad sila ng damit-panloob na ito na
maganda na naging walang halaga. 11 Sapagkat gaya ng
isang damit-panloob na dumikit sa baywang ng isang tao,
ginawa ko ang buong sambahayan ng Israel at ang buong
sambahayan ng Juda na kumapit sa akin, na magiging aking
mga tao na magbibigay sa akin ng katanyagan, kapurihan
at karangalan. Ngunit hindi sila nakikinig sa akin. Ito ang
pahayag ni Yahweh. 12 Kaya dapat mong sabihin ang
salitang ito sa kanila, 'Ito ang sinasabi ni Yahweh na Diyos
ng Israel: Mapupuno ng alak ang bawat banga.' Sasabihin
nila sa iyo, 'Hindi nga ba talaga namin alam na mapupuno
ng alak ang bawat banga?' 13 Kaya sabihin mo sa kanila,
'Ito ang sinasabi ni Yahweh: Tingnan ninyo, pupunuin ko ng
kalasingan ang bawat naninirahan sa lupaing ito, ang mga
hari na nakaupo sa trono ni David, ang mga pari, ang mga
propeta, at ang lahat ng mga naninirahan sa Jerusalem. 14
At pag-aawayin ko ang bawat tao laban sa iba, ang mga
ama at mga anak. Hindi ko sila kaaawaan o kahahabagan at
hindi ko sila ililigtas mula sa pagkawasak. Ito ang pahayag ni
Yahweh.'" 15 Makinig kayo at bigyang pansin. Huwag kayong
maging mayabang, sapagkat sinasabi Yahweh. 16 Bigyan ng
karangalan si Yahweh na inyong Diyos bago siya magdulot
ng kadiliman at bago siya maging dahilan ng pagkatisod ng
inyong mga paa sa mga bundok sa takip-silim. Sapagkat
naghahangad kayo para sa liwanag ngunit labis niyang
padidilimin ang lugar na magiging isang maitim na ulap. 17
Kaya, kung hindi kayo makikinig, iiyak akong mag-isa dahil
sa inyong kayabangan. Tiyak na iiyak ako at dadaloy ang
mga luha mula sa aking mga mata, sapagkat mabibihag ang
mga kawan ni Yahweh. 18 "Sabihin ninyo sa hari at sa inang
reyna, 'Magpakumbaba kayo at umupo, sapagkat bumagsak
na ang mga korona sa inyong ulo, ang inyong pagmamataas
at ang inyong karangalan.' 19 Maisasara ang mga lungsod
sa Negev at walang sinuman ang makapagbubukas ng
mga ito. Mabibihag ang mga taga-Juda at ipapatapon ang
lahat ng nasa kaniya. 20 Imulat mo ang iyong mga mata at
pagmasdan ang mga parating mula sa hilaga. Nasaan ang
kawan na ibinigay niya sa iyo, ang kawan na pinakamaganda
sa iyo? 21 Ano ang sasabihin mo kapag inilagay ng Diyos
sa iyong itaas ang mga inaakala mong mga kaibigan mo?
Hindi ba ito ang umpisa ng mga paghihirap na sasakop sa
iyo gaya ng isang babaing nanganganak? 22 At maaari
mong sabihin sa iyong puso, 'Bakit nangyayari sa akin ang
mga bagay na ito?' Sapagkat dahil ito sa napakarami mong
kasamaan na itinaas ang iyong mga palda at nilapastangan
ka. 23 Maaari bang baguhin ng mga tao sa Cus ang kulay
ng kanilang balat o baguhin ng isang leopardo ang kaniyang
mga batik? Kung gayon, ikaw mismo, kaya mong gumawa
ng kabutihan bagaman nasanay ka sa kasamaan. 24 Kaya,
ikakalat ko sila tulad ng mga ipa na naglalaho sa hangin sa
disyerto. 25 Ito ang ibinigay ko sa inyo, ang bahagi na iniatas
ko para sa inyo, dahil kinalimutan ninyo ako at nagtiwala
kayo sa kasinungalingan. Ito ang pahayag ni Yahweh. 26
Kaya, ako rin mismo ang huhubad ng inyong mga palda at
makikita ang mga maseselang bahagi ng inyong katawan.
27 Ang inyong pangangalunya at paghalinghing, ang inyong
kahiya-hiyang kahalayan sa mga burol at sa mga parang!
Ilalantad ko ang mga ito, ang mga nakasusuklam na mga
bagay na ito! Kaawa-awa ka, Jerusalem! Hindi ka pa malinis.
Gaano katagal ito magpapatuloy?"

14 Ito ang salita ni Yahweh na dumating kay Jeremias
tungkol sa tagtuyot, 2 "Hayaang magluksa ang
Juda, hayaang gumuho ang kaniyang mga tarangkahan.
Tumataghoy sila para sa lupain, lumalakas ang kanilang
pag-iyak para sa Jerusalem. 3 Pinadadala ng kanilang
mga makapangyarihang tao ang kanilang mga lingkod

para sa tubig. Kapag pumunta sila sa mga balon wala
silang mahahanap na tubig. Babalik silang lahat na bigo,
tinatakpan nila ang kanilang mga ulo na kahiya-hiya at hindi
iginagalang. **4** Dahil dito, nabitak ang lupa sapagkat walang
ulan sa lupain. Nahihiya ang mga mag-aararo at tinatakpan
nila ang kanilang mga ulo. **5** Sapagkat iniiwan din maging
ng babaing usa ang kaniyang maliliit na anak sa parang
at pinababayaan ang mga ito sapagkat walang damo. **6**
Tumatayo sa mga tigang na kapatagan ang mga maiilap na
asno at humihingal sa hangin tulad ng mga asong-gubat.
Lumalabo ang kanilang mga mata dahil walang halaman."
**7** Kahit na nagpapatotoo laban sa amin ang aming mga
kasamaan, Yahweh, kumilos ka para sa kapakanan ng
iyong pangalan. Nagkasala kami sa iyo sapagkat lumalala
ang kawalan ng aming pananampalataya. **8** Ang pag-asa
ng Israel, ang siyang nagligtas sa kaniya sa panahon ng
matinding pagkabalisa, bakit ka magiging katulad ng isang
dayuhan sa lupain, katulad ng isang banyagang gumagala
na nagpapalipas at nananatili lamang ng isang gabi? **9**
Bakit ka magiging katulad ng isang taong nalilito, katulad ng
isang mandirigma na hindi kayang sagipin ang sinuman?
Sapagkat nasa kalagitnaan ka namin, Yahweh! Ipinahayag
sa amin ang iyong pangalan. Huwag mo kaming iwanan.
**10** Sinabi ito ni Yahweh sa mga taong ito: "Yamang ibig
nilang maglibot at hindi nila pinigil ang kanilang mga paa na
magpatuloy." Hindi nalugod si Yaweh sa kanila. Ngayon,
inalala niya ang kanilang kasamaan at pinarusahan niya
ang kanilang mga kasalanan. **11** Sinabi ni Yahweh sa akin,
"Huwag kang manalangin para sa ikabubuti ng mga taong ito.
**12** Sapagkat, kapag nag-ayuno sila, hindi ako makikinig sa
kanilang pagdaing at kapag nag-alay sila ng mga handog na
susunugin at mga handog na pagkain, hindi ako malulugod
sa mga ito. Sapagkat lilipulin ko sila sa pamamagitan ng
espada, taggutom at salot." **13** At sinabi ko, "O, Panginoong
Yahweh! Tingnan mo! Sinasabi ng mga propeta sa mga tao,
'Hindi kayo makakakita ng espada, walang taggutom para
sa inyo, sapagkat bibigyan ko kayo ng tunay na katiwasayan
sa lugar na ito.'" **14** Sinabi sa akin ni Yahweh, "Panlilinlang
sa aking pangalan ang pahayag ng mga propeta. Hindi ko
sila isinugo, ni binigyan ng anumang utos o kinausap sila.
Ngunit ang mapanlinlang nilang mga pangitain, ang walang
kabuluhan at ang mga mapanlinlang na hula ay nagmumula
sa kanilang mga sariling puso, ito ang mga ipinahahayag
nila sa inyo." **15** Kaya ito ang sinasabi ni Yahweh, "Tungkol
sa mga propeta na nagpapahayag sa aking pangalan ngunit
hindi ko ipinadala at ang mga nagsasabing walang espada
at taggutom sa lupaing ito. Mamamatay ang mga propetang
ito sa pamamagitan ng espada at taggutom. **16** At ang
mga tao na kanilang pinagpahayagan ay maitatapon sa
labas ng mga lansangan ng Jerusalem dahil sa taggutom at
espada, sapagkat walang sinuman ang maglilibing sa kanila.
Sa kanila, sa kanilang mga asawang babae o sa kanilang
mga anak. Sapagkat ibubuhos ko sa kanila ang kanilang
mga kasamaan. **17** Sabihin mo ang salitang ito sa kanila:
'Hayaang dumaloy sa aking mata ang mga luha sa araw at
gabi. Huwag itong pigilan, sapagkat magkakaroon ng isang
matinding pagkawasak ang birhen na anak ng aking mga
tao. Isang napakalaki at walang lunas na sugat. **18** Kung
lalabas ako sa parang at tumingin! mayroong mga pinatay sa
pamamagitan ng espada. At kung pupunta ako sa lungsod
at tumingin! mayroong mga nagkasakit dahil sa taggutom.
Kahit na ang mga propeta at ang mga paring naglilibot sa
lupain ay walang nalalaman.'" **19** Ganap mo bang tinalikuran
ang Juda? Galit ka ba sa Zion? Bakit mo kami hinahayaang
magkasakit gayong walang kagalingan sa amin? Naghangad
kami ng kapayapaan, ngunit walang anumang kabutihan.
Ngunit tingnan ninyo, para sa oras ng kagalingan, kaguluhan
lamang ang mayroon. **20** Inaamin namin, Yahweh, ang
aming mga kasalanan at ang kasamaan ng aming mga
ninuno, sapagkat nagkasala kami sa iyo. **21** Huwag mo
kaming itakwil! Huwag mong gawing kahihiyan ang iyong
maluwalhating trono para sa kapakanan ng iyong pangalan.
Alalahanin at huwag sirain ang iyong kasunduan sa amin. **22**
Mayroon ba sa mga diyus-diyosan ng mga bansa na kayang
gawin ang sinuman na paulanin ang kalangitan sa panahon
ng tagsibol? Hindi ba ikaw Yahweh, na aming Diyos ang
gumawa ng mga ito? Umaasa kami sa iyo, sapagkat ikaw
ang gumawa ng lahat ng mga bagay na ito.

**15** At sinabi sa akin ni Yahweh, "Kahit na tumayo sa
aking harapan si Moises o si Samuel, hindi pa rin
ako maaawa sa mga taong ito. Paalisin sila sa aking
harapan para makapunta sa malayo. **2** At mangyayari na
sasabihin nila sa iyo, 'Saan kami dapat pumunta?' At dapat
mong sabihin sa kanila, 'Sinasabi ito ni Yahweh: Dapat
mamatay ang mga nakatakda sa kamatayan; dapat sa
espada ang mga nakatakda sa espada. Dapat magutom ang
mga nakatakda sa pagkagutom at dapat mabihag ang mga
nakatakda sa pagkabihag.' **3** Ito ang pahayag ni Yahweh:
Sapagkat itatalaga ko sila sa apat na pangkat. Ang espada
ay upang patayin ang ilan, ang mga aso ay upang kaladkarin
ang ilan palayo, ang mga ibon sa kalangitan at ang mga
mababangis na hayop sa daigdig ay upang kainin at wasakin
ang ilan. **4** Gagawin ko sa kanila ang mga katakut-takot na
bagay sa lahat ng mga kaharian sa daigdig, sa pananagutan
ni Manases na anak ni Hezekias na hari ng Juda dahil sa
ginawa niya sa Jerusalem. **5** Sapagkat sino ang mahahabag
para sa iyo, Jerusalem? Sino ang magluluksa para sa
iyo? Sino ang lilingon upang magtanong tungkol sa iyong

kapakanan? **6** Ito ang pahayag ni Yahweh: Tinalikuran mo
ako at lumayo ka sa akin. Kaya hahampasin kita ng aking
mga kamay at wawasakin kita. Pagod na akong magkaroon
ng awa sa iyo. **7** Kaya, tatahipan ko sila sa mga tarangkahan
ng lupain sa pamamagitan ng isang pantuhog ng mga
dayami. Gagawin ko silang ulila. Wawasakin ko ang aking
mga tao yamang hindi sila tumatalikod sa kanilang mga
gawain. **8** Gagawin kong mas marami ang bilang ng kanilang
mga balo kaysa sa mga buhangin sa dalampasigan. Sa
katanghalian, ipadadala ko ang mga maninira laban sa mga
ina ng mga batang lalaki. Hahayaan kong dumating sa kanila
ng biglaan ang pagkasindak at pagkatakot. **9** Mawawalan
ng malay ang isang ina na mamamatay ang pitong anak.
Kakapusin siya sa paghinga. Magdidilim ang kaniyang
araw habang maliwanag pa. Mahihiya at mapapahiya siya,
sapagkat ibibigay ko ang mga natira sa espada ng kanilang
mga kaaway. Ito ang pahayag ni Yahweh." **10** Kaawa-awa
ako, aking ina! Dahil isinilang mo ako, isa akong tao na
pinag-uusapan at pinagtatalunan sa buong lupain. Hindi ako
nagpautang, ni walang sinuman ang umutang sa akin, ngunit
sinusumpa nila akong lahat. **11** Sinabi ni Yahweh: "Hindi
ba kita sasagipin para sa iyong kabutihan? Titiyakin ko na
hihingi ng tulong sa panahon ng kalamidad at matinding
pagkabalisa ang iyong mga kaaway. **12** Kaya ba ng isang
tao na durugin ang bakal? Lalung-lalo na ang mga bakal na
nagmula sa hilaga na may halong mga tanso? **13** Ibibigay
ko sa iyong mga kaaway ang iyong karangyaan at mga
kayamanan bilang malayang pagnanakaw. Gagawin ko ito
dahil sa lahat ng mga kasalanang ginawa ninyo sa lahat ng
inyong nasasakupan. **14** At hahayaan kong dalhin kayo ng
inyong mga kaaway sa isang lupain na hindi ninyo alam,
sapagkat magliliyab ang isang apoy at sisiklab ang aking
poot sa inyo." **15** Alam mo sa iyong sarili, Yahweh! Alalahanin
mo ako at tulungan ako. Ipaghiganti mo ako laban sa aking
mga manunugis. Sa iyong pagtitiis, huwag mo akong ilayo.
Kilalanin mo na nagdusa ako sa pagsisi para sa iyo. **16**
Natagpuan ang iyong mga salita at naintindihan ko ang
mga ito. Kagalakan sa akin ang iyong mga salita, isang
kagalakan sa aking puso, sapagkat ipinahayag sa akin ang
iyong pangalan, Yahweh na Diyos ng mga hukbo. **17** Hindi
ako umupo sa gitna ng mga nagdiwang at nagsaya. Umupo
akong nag-iisa dahil sa makapangyarihan mong kamay,
sapagkat pinuno mo ako ng iyong pagkagalit. **18** Bakit hindi
nawawala ang sakit at walang lunas ang aking mga sugat at
hindi gumagaling? Magiging katulad ka ba ng mapanlinlang
na tubig sa akin, mga tubig na natuyo? **19** Kaya sinabi ito
ni Yahweh, "Kung magsisisi ka Jeremias, panunumbalikin
kita at tatayo ka sa aking harapan at maglilingkod sa akin.
Sapagkat kapag pinaghiwalay mo ang mga bagay na walang
kabuluhan sa mga mahahalagang bagay, magiging tulad ka
ng aking bibig. Babalik sa iyo ang mga tao, ngunit dapat
hindi ikaw ang mismong bumalik sa kanila. **20** Gagawin
kitang tulad ng isang tansong pader na hindi matitibag ng
mga taong ito at magsasagawa sila ng digmaan laban sa
iyo. Ngunit hindi ka nila matatalo sapagkat kasama mo ako
upang iligtas at sagipin ka. **21** Sapagkat sasagipin kita mula
sa kamay ng mga masasama at tutubusin kita mula sa
kamay ng mga mang-aapi. Ito ang pahayag ni Yahweh."

**16** At dumating ang salita ni Yahweh sa akin, nagsasabi,
**2** "Huwag kang mag-aasawa, at huwag magkaroon ng
mga anak na lalaki o babae sa lugar na ito. **3** Sapagkat
sinasabi ito ni Yahweh sa mga anak na lalaki at babae na
ipinanganak sa lugar na ito, sa mga ina na nagsilang sa
kanila, at sa mga ama na naging dahilan ng pagkakasilang
nila sa lupaing ito. **4** Sila ay mamamatay sa sakit. Walang
magluluksa para sa kanila at manlilibing. Magiging katulad
sila ng dumi na nasa lupa. Sapagkat darating ang kanilang
wakas sa pamamagitan ng espada at taggutom, at ang
mga bangkay nila ay magiging pagkain ng mga ibon sa
kalangitan at ng mga hayop sa lupa.' **5** Sapagkat sinasabi
ito ni Yahweh, 'Huwag kang pumasok sa anumang bahay
kung saan may nagluluksa. Huwag kang pupunta sa may
nananaghoy, at huwag kang makidalamhati sa mga taong
ito. Dahil tinipon ko ang aking kapayapaan, tipan na may
katapatan, at mga gawang may kaawaan, mula sa mga
taong ito! —Ito ang pahayag ni Yahweh— **6** kaya ang dakila
at ang hamak ay mamamatay sa lupang ito. Sila ay hindi
ililibing, at walang sinumang magluluksa para sa kanila.
Isa man ay walang magsusugat sa kanilang sarili o mag-
aahit ng kanilang mga ulo para sa kanila. **7** Wala isa mang
magbabahagi ng pagkain sa pagluluksa upang aliwin sila
dahil sa kamatayan, at walang dapat magbigay ng pang-aliw
na baso sa kaniyang ama o ina para aliwin sila. **8** Hindi
ka dapat pumunta sa handaan sa isang tahanan upang
makiupo sa kanila na kumain at uminom.' **9** Sapagkat si
Yahweh ng mga hukbo, ang Diyos ng Israel, ang nagsasabi
nito, 'Tingnan mo, sa harapan mo, sa iyong mga araw at
sa lugar na ito, wawakasan ko ang inyong mga tugtugang
masasaya at pagdiriwang, ang mga tinig ng lalaki at at
ng babaeng ikakasal.' **10** At kung nangyari ito, ibalita mo
sa lahat ang mga salitang ito sa mga tao, at sasabihin
nila sa iyo, "Bakit niloob ni Yahweh ang lahat ng malaking
sakunang ito sa atin? Anong kasamaan at kasalanan ang
aming nagawa laban sa ating Diyos na si Yahweh? **11**
Kaya sabihin mo sa kanila, 'Dahil iniwan ako ng inyong
mga ninuno—Ito ang pahayag ni Yahweh—at sumunod
sila sa ibang mga diyos at sumamba at lumuhod sa mga
ito. Iniwan nila ako at hindi sinunod ang aking kautusan.

12 Ngunit nagdala kayo ng higit na kasamaan kaysa sa
inyong mga ninuno, sapagkat tingnan ninyo, bawat tao ay
lumalakad sa katigasan at kasamaan ng kaniyang puso;
wala isa mang nakikinig sa akin. 13 Kaya ipapatapon ko
kayo mula sa lupaing ito patungo sa isang lupaing hindi
ninyo kilala, kayo o ang inyong mga ninuno, at sasamba
kayo roon sa ibang mga diyos sa araw at gabi, sapagkat
wala na akong ibibigay sa inyo na anumang tulong." 14 Kaya
tingnan ninyo! Darating ang mga araw—ito ang pahayag ni
Yahweh—at hindi na magtatagal wala ng magsasabi nito,
'Buhay si Yahweh, na siyang nagdala sa mga tao ng Israel
mula sa lupain ng Egipto.' 15 Sapagkat buhay si Yahweh,
ang nagdala sa mga tao ng Israel sa hilagang lupain at sa
mga lupain na kung saan ikinalat niya sila, ibabalik ko sila sa
lupain na ibinigay ko sa kanilang mga ninuno. 16 Tingnan
ninyo! magpapadala ako ng maraming mangingisda—Ito
ang pahayag ni Yahweh—upang hulihin nila ang mga tao.
Pagkatapos nito, ipadadala ko ang maraming mangangaso
upang hanapin sila sa lahat ng kabundukan at mga burol, at
sa mga bitak ng bato. 17 Sapagkat ang aking paningin ay
laging nasa kanilang mga gawa. Hindi sila makapagtatago
sa harapan ko. Ang kanilang mga kasamaan ay hindi
nalilingid sa aking mga paningin. 18 Una kong pagbabayarin
ng dalawang beses ang kanilang kasamaan at kasalanan
dahil dinungisan nila ang aking lupain ng kanilang mga
kasuklam-suklam na diyus-diyosang imahen, at dinungisan
nila ang aking mana ng kanilang mga kasuklam-suklam na
mga diyus-diyosan." 19 Yahweh, ikaw ang aking matibay
na tanggulan, aking kanlungan, aking ligtas na lugar sa
panahon ng kabagabagan. Ang mga bansa ay pupunta sa
iyo mula sa wakas ng lupa at magsasabi, "Tunay na ang
aming mga ninuno ay nagmana ng panlilinlang. Wala silang
alam; walang pakinabang sa kanila. 20 Gumawa ba ang mga
tao ng diyus-diyosan para sa kanilang mga sarili? Ngunit sila
ay hindi mga diyos. 21 Kaya tingnan ninyo! Ipapaalam ko sa
kanila sa panahong ito, ipapakilala ko sa kanila ang aking
kamay at ang aking kapangyarihan, kaya makikilala nila na
ang pangalan ko ay Yahweh."

17 "Ang kasalanan ng Juda ay nasulat gamit ang isang
panulat na bakal na may diyamante sa dulo. Ito ay
nakaukit sa kanilang mga puso at sa mga sungay ng inyong
mga altar. 2 Naalala ng kanilang mga anak ang kanilang
mga altar at ang imahen ni Ashera na nasa madahong
mga puno sa mataas na mga burol. 3 Naalala nila ang
kanilang mga altar na nasa mga bundok sa nayon. Gagawin
ko ang inyong mga kayamanan bilang samsam para sa
iba. Sapagkat ang inyong kasalanan ay nasa lahat ng
mga hangganan. 4 Mawawala sa inyo ang mga mana na
ibinigay ko sa inyo. Aalipinin kayo ng inyong mga kaaway
sa lupaing hindi ninyo alam, sapagkat kayo ang nagpaalab
ng aking galit, kung saan mag-aapoy magpakailanman." 5
Sinasabi ni Yahweh, "Sumpain ang mga tao na nagtitiwala
sa kapwa tao; ang kaniyang kalakasan ay sa laman ngunit
itinalikod niya ang kaniyang puso palayo kay Yahweh. 6
Sapagkat siya ay tulad ng maliit na halaman sa Araba at
hindi makikita ang anumang kabutihang darating. Siya ay
nananatili sa mabatong lugar sa ilang, tigang na lupain na
walang nananahan. 7 Ngunit mapalad ang tao na nagtitiwala
kay Yahweh, sapagkat si Yahweh ang kaniyang pag-asa. 8
Sapagkat magiging katulad siya ng halaman na itinanim
sa tabi ng tubig-batis; ang kaniyang mga ugat ay kakalat.
Hindi niya makikita ang init na parating, sapagkat ang
kaniyang mga dahon ay malalapad at maganda. At sa
panahon ng tag-tuyot hindi siya mangangamba, ni titigil ang
kaniyang pamumunga. 9 Ang puso ay higit na mapanlinlang
sa anumang bagay. Ito ay sakit; sino ang nakakaunawa
rito? 10 Ako si Yahweh, ang nakakasaliksik ng kaisipan,
ang sumusubok sa puso. Ibibigay ko sa bawat tao ang
nararapat sa kaniya, parurusahan ko siya sa bunga ng
kaniyang mga nagawa. 11 Nililimliman ng isang pugo ang
itlog na hindi naman siya ang nangitlog. Maaaring may taong
yayaman sa kalikuan. Ngunit sa panahon ng kalakasan sa
kaniyang buhay, iiwan siya ng mga kayamanang iyon at
magiging mangmang sa huli." 12 Ang lugar ng ating templo
ay isang maluwalhating trono, nakataas mula sa simula.
13 Si Yahweh ang pag-asa ng Israel. Lahat ng mang-iwan
sa iyo ay mapapahiya. Ang mga tumalikod sa iyo na nasa
lupain ay puputulin. Sapagkat iniiwan nila si Yahweh, ang
bukal ng tubig ng buhay. 14 Pagalingin mo ako, Yahweh,
at ako ay gagaling! Iligtas mo ako, at ako ay maliligtas.
Sapagkat ikaw ang aking awit ng papuri. 15 Tingnan ninyo,
sinasabi nila sa akin, 'Nasaan na ang salita ni Yahweh?
Hayaang ito ay pumarito! 16 Para sa akin, hindi ako tumakbo
sa pagiging isang pastol na sumusunod sa inyo. Hindi ko
hinangad ang araw ng sakuna. Alam mo ang mga pahayag
na lumabas sa aking mga labi. Sila ay ginawa sa iyong
harapan. 17 Huwag maging katatakutan sa akin. Ikaw ang
aking kanlungan sa panahon ng kalamidad. 18 Nawa ang
mga tumutugis sa akin ay mapapahiya, ngunit huwag mo
akong gawing kahiya-hiya. Nawa sila ay panghinaan ng
loob, ngunit huwag mong hayaang panghinaan ako ng loob.
Ipadala ang araw ng sakuna laban sa kanila at wasakin sila
ng ibayong pagkawasak." 19 Sinabi ni Yahweh ito sa akin:
"Pumunta ka at tumayo sa tarangkahan ng mga tao kung
saan pumapasok at lumalabas ang mga hari ng Juda, at sa
lahat ng ibang tarangkahan ng Jerusalem. 20 Sabihin mo sa
kanila, 'Pakingggan ninyo ang salita ni Yahweh, mga hari ng
Juda at lahat ng mga tao ng Juda, at sa bawat naninirahan

sa Jerusalem na pumapasok sa mga tarangkahang ito. 21
Ito ang sinasabi ni Yahweh: “Maging maingat kayo alang-
alang sa inyong mga buhay at huwag kayong magpapasan
ng mabibigat sa Araw ng Pamamahinga upang dalhin ito sa
tarangkahan ng Jerusalem. 22 At huwag kayong magdala ng
pasan mula sa inyong bahay sa Araw ng Pamamahinga.
Huwag kayong gagawa ng anumang gawain, kundi ilaan
ninyo ang Araw ng Pamamahinga kay Yahweh, gaya ng
aking inutos sa inyong mga ninuno na gawin. 23 Hindi sila
nakinig o nagbigay pansin, kundi pinatigas nila ang kanilang
mga leeg upang hindi na nila ako pinakinggan ni tanggapin
ang aking pagtutuwid. 24 Ito ay mangyayari kung tunay na
nakinig kayo sa akin—ito ang pahayag ni Yahweh—at huwag
kayong magbuhat ng pasan sa mga tarangkahan ng lungsod
na ito sa Araw ng Pamamahinga ngunit sa halip ilaan ninyo
kay Yahweh ang Araw ng Pamamahinga at huwag kayong
gagawa ng anumang gawain— 25 At ang mga hari, mga
prinsipe, at sa mga umupo sa trono ni David na pupunta sa
mga tarangkahan ng lungsod na ito na nakakarwahe at may
mga nakakabayo, sila at ang kanilang mga pinuno, mga
kalalakihan ng Juda at lahat ng naninirahan sa Jerusalem.
At ang lungsod na ito ay mananatili magpakailanman. 26
Darating sila mula sa mga lungsod ng Juda at sa lahat ng
nasa palibot ng Jerusalem, at mula sa lupain ng Benjamin at
mula sa mababang lupain, mula sa mga bundok at mula
sa Negev, magdadala ng mga susunuging handog, mga
alay, at mga pagkaing handog at kamanyang. At magdadala
sila ng mga handog pasasalamat sa aking tahanan. 27
Ngunit kung hindi kayo makikinig, upang ilaan ang Araw ng
Pamamahinga kay Yahweh—kung magpapasan kayo ng
mga pasanin sa mga tarangkahan ng Jerusalem sa Araw
ng Pamamahinga, kung gayon sisindihan ko ng apoy ang
mga tarangkahan, apoy na susunog sa mga tanggulan ng
Jerusalem, at hindi ito mapapatay.”

**18** Ito ang salita ni Yahweh na dumating kay Jeremias
at sinabing, 2 “Bumangon ka at pumunta sa bahay ng
magpapalayok, sapagkat ipaparinig ko sa iyo ang aking salita
roon.” 3 Kaya pumunta ako sa bahay ng magpapalayok,
at masdan! Gumagawa ang magpapalayok sa kaniyang
gawaan. 4 Ngunit ang hawak niyang malagkit na lupa na
kaniyang hinuhulma ay nasira sa kaniyang kamay, kaya
nagbago ang kaniyang isip at gumawa ng isa pang bagay
na sa tingin niya ay mabuti na gawin. 5 Pagkatapos,
dumating ang salita ng Panginoon sa akin at sinabing, 6
“Wala ba akong kakayahan na kumilos sa inyo ng tulad ng
magpapalayok na ito, sambahayan ng Israel? — Ito ang
pahayag ni Yahweh. Tingnan mo! tulad ng malagkit na lupa
sa kamay ng isang magpapalayok— ganyan kayo sa aking
kamay, sambahayan ng Israel. 7 Sa isang sandali, maaari
akong magpahayag ng isang bagay tungkol sa isang bansa
o isang kaharian, na aking aalisin, gigibain, o wawasakin
ito. 8 Ngunit, kung ang bansa na aking pinahayagan ay
tatalikod sa kasamaan nito, kung gayon mahahabag ako
mula sa sakuna na binabalak kong dalhin dito. 9 Sa isa
pang sandali, maaari kong ipahayag ang tungkol sa isang
bansa o isang kaharian, na aking itatayo o itatanim ito. 10
Ngunit kung gagawa ito ng masama sa aking paningin sa
pamamagitan ng hindi pakikinig sa aking tinig, ititigil ko ang
aking sinabi na gagawin kong mabuti para sa kanila. 11 Kaya
ngayon, magsalita ka sa mga kalalakihan ng Juda at sa mga
naninirahan sa Jerusalem at sabihin, “Ito ang sinasabi ni
Yahweh: Tingnan mo, bubuo ako ng sakuna laban sa inyo.
May binabalak ako laban sa inyo. Magsisi, ang bawat tao
mula sa kaniyang masamang landas, kaya ang inyong mga
pamamaraan at inyong mga nakaugalian ang magdadala ng
mabuti sa inyo.' 12 Ngunit sasabihin nila, 'Hindi ito mahalaga.
Kikilos kami ayon sa aming sariling mga balak. Gagawin
ng bawat isa kung ano ang masama sa kaniya, ang mga
ninanais ng kanilang matitigas na puso.' 13 Samakatwid ito
ang sinasabi ni Yahweh, 'Tanungin mo ang mga bansa, sino
ang nakarinig ng ganitong bagay? Ang birheng Israel ay
nakagawa ng isang kakila-kilabot na gawa. 14 Mawawala ba
ang niyebe ng Lebanon sa mga mabatong mga burol sa
mga parang? Ang mga batis ng kabundukan na mula sa
malayo ay natutuyuan ba ng tubig? 15 Ngunit kinalimutan
ako ng aking mga tao. Gumawa sila ng mga handog para sa
walang kabuluhang diyus-diyosan at gumawa ng ikakatisod
sa kanilang daraanan; iniwan nila ang sinaunang daan upang
lumakad sa maikling daan. 16 Ang kanilang mga lupain
ay magiging isang katatakutan, isang bagay ng walang
hanggang panunutsut. Bawat isa na dadaan sa kaniya ay
mangangatog at iiling ang kaniyang ulo. 17 Pangangalatin
ko sila sa harap ng kanilang mga kaaway tulad ng hangin sa
silangan. Ipapakita ko sa kanila ang aking likuran, at hindi
ang aking mukha, sa araw ng kanilang sakuna.” 18 Kaya
sinabi ng mga tao, “Halikayo, gumawa tayo ng masamang
balak laban kay Jeremias, sapagkat ang kautusan ay hindi
mawawala sa mga pari, o payo sa mga taong marurunong,
o mga salita sa mga propeta. Halikayo, atin siyang labanan
ng ating mga pananalita at huwag nang magbigay pansin sa
anumang bagay na kaniyang ipapahayag.” 19 Magbigay
pansin sa akin, Yahweh! At makinig sa ingay ng aking mga
kaaway. 20 Talaga bang ang sakuna mula sa kanila ang
aking gantimpala sa pagiging mabuti sa kanila? Sapagkat
humukay sila ng isang malalim na hukay para sa akin.
Alalahanin kung paano sila tumayo sa iyong harapan upang
magsalita sa kanilang mga pangangailangan, upang ang
iyong matinding galit ay ilayo mula sa kanila. 21 Samakatwid

ipasakamay mo ang kanilang mga anak sa pagkagutom,
at ibigay sila sa ilalim ng kapangyarihan ng espada. Kaya
hayaan ang kanilang mga kababaihan na mawalan at maging
mga balo, at ang kanilang mga kalalakihan ay mapatay, at
ang mga batang kalalakihan nila ay mamatay sa labanan sa
pamamagitan ng espada. 22 Hayaang marinig ang isang
hiyaw ng pagkabalisa mula sa kanilang mga tahanan, kapag
biglaang magpapadala ka ng mga tao laban sa kanila.
Sapagkat humukay sila ng isang malalim na hukay upang
bihagin ako at may nakatagong patibong para sa aking
paa. 23 Ngunit ikaw Yahweh, nalalaman mo ang kanilang
mga balak laban sa akin upang patayin ako. Huwag mong
patawarin ang kanilang mga kasamaan at mga kasalanan.
Huwag mong alisin ang kanilang mga kasalanan mula sa
iyo. Sa halip, hayaan silang matanggal mula sa harapan mo.
Kumilos laban sa kanila sa panahon ng iyong poot.

**19** Sinabi ito ni Yahweh, “Pumunta ka at bumili ng
banga ng magpapalayok habang kasama mo ang mga
nakatatanda sa mga tao at ang mga pari. 2 At pumunta
ka sa lambak ng Ben Hinom kung saan nakabukas ang
tarangkahan ng Magpapalayok, at ipahayag mo roon ang
mga salitang sasabihin ko sa iyo. 3 Sabihin mo, 'Pakinggan
ang salita ni Yahweh, mga hari ng Juda at mga naninirahan
sa Jerusalem! Sinasabi ito ni Yahweh ng mga hukbo, Diyos
ng Israel, “Tingnan ninyo, magpapadala ako ng sakuna sa
lugar na ito at papanting ang mga tainga ng bawat makikinig
nito. 4 Gagawin ko ito dahil tinalikuran nila ako at hindi
iginalang ang lugar na ito. Sa lugar na ito, nag-aalay sila sa
ibang mga diyos na hindi nila kilala. Pinuno rin ng kanilang
mga ninuno at mga hari ng Juda ang lugar na ito ng walang-
salang dugo. 5 Nagtayo sila ng mga dambana para kay Baal
upang sunugin ang kanilang mga anak na lalaki sa apoy
bilang mga handog na susunugin para sa kaniya—isang
bagay na hindi ko iniutos. Hindi ko sinabi sa kanilang gawin
ito ni sumagi man lang sa aking puso. 6 Kaya, tingnan ninyo,
darating ang mga araw na hindi na tatawaging Tofet ang
lugar na ito, ang lambak ng Ben Hinom, sapagkat ito ay
magiging lambak ng Patayan. Ito ang pahayag ni Yahweh. 7
Sa lugar na ito, gagawin kong walang saysay ang mga balak
ng Juda at Jerusalem. Bubuwalin ko sila sa pamamagitan
ng espada sa harapan ng kanilang mga kaaway at sa
pamamagitan ng kamay ng mga naghahangad ng kanilang
mga buhay. At ibibigay ko ang kanilang mga bangkay bilang
pagkain ng mga ibon sa kalangitan at ng mga hayop sa
lupa. 8 At gagawin kong wasak at paksa ng panunutsut
ang lungsod na ito, sapagkat ang lahat ng daraan dito ay
mangangatog at susutsut dahil sa lahat ng salot nito. 9
Ipapakain ko sa kanila ang laman ng kanilang mga anak,
kakainin ng bawat isa ang laman ng kaniyang kapwa sa
pagkakulong at sa kagipitan na dinala sa kanila ng kanilang
mga kaaway at ng mga naghahangad ng kanilang buhay.'”
10 Pagkatapos, babasagin mo ang banga sa harapan ng mga
kalalakihang sumama sa iyo. 11 Sasabihin mo sa kanila, 'Ito
ang sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo: Gagawin ko ang
ganitong bagay sa mga taong ito at sa lungsod na ito—ito
ang pahayag ni Yahweh—gaya ng pagbasag ni Jeremias sa
banga upang hindi na mabuong muli. Ililibing ng mga tao ang
mga patay sa Tofet hanggang sa wala nang matirang lugar
para sa mga namatay. 12 Ito ang gagawin ko sa lugar na ito
at sa mga naninirahan dito kapag gagawin kong tulad ng
Tofet ang lugar na ito—ito ang pahayag ni Yahweh— 13 kaya
magiging katulad ng Tofet ang mga bahay ng Jerusalem
at ng mga hari ng Juda—lahat ng mga tahanan na ang
bubungan ay pinagsasambahan ng mga hindi malinis na tao
sa lahat ng mga bituin sa langit at nagbubuhos ng inuming
mga alay sa ibang mga diyos.'” 14 Pagkatapos, pumunta si
Jeremias mula sa Tofet, kung saan siya isinugo ni Yahweh
upang magpahayag ng propesiya. Tumayo siya sa patyo ng
tahanan ni Yahweh at sinabi niya sa lahat ng tao, 15 “Ito ang
sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo, Diyos ng Israel, 'Makinig
kayo, magdadala ako sa lungsod na ito at sa lahat ng bayan
nito ng sakuna na aking ipinahayag laban dito, sapagkat
pinatigas nila ang kanilang leeg at tumangging makinig sa
aking mga salita.'”

**20** Si Pashur na lalaking anak ni Imer na pari—siya
ang namumunong opisyal—narinig si Jeremias na
nagpapahayag ng mga salitang ito sa harapan ng tahanan
ni Yahweh. 2 Kaya hinampas ni Pashur si Jeremias na
propeta at pagkatapos inilagay siya sa mga pangawan
na nasa Itaas na Tarangkahan ni Benjamin sa tahanan
ni Yahweh. 3 Nangyari sa sumunod na araw, pinalaya ni
Pashur si Jeremias mula sa mga pangawan. At sinabi ni
Jeremias sa kaniya, “Hindi ka pinangalanan ni Yahweh na
Pashur, ngunit ikaw ay si Magot Missabib. 4 Sapagkat
ito ang sinasabi ni Yahweh, 'Tingnan mo, gagawin kitang
isang bagay na kakikilabutan—ikaw at lahat ng iyong
minamahal—sapagkat mabubuwal sila sa pamamagitan
ng espada ng kanilang mga kaaway at makikita ito ng
iyong mga mata. Ibibigay ko ang buong Juda sa kamay
ng hari ng Babilonia. Gagawin niya silang mga bihag sa
Babilonia o lulusubin sila gamit ang espada. 5 Ibibigay ko sa
kaniya ang lahat ng karangyaan at lahat ng kasaganaan ng
lungsod na ito, lahat ng mahahalagang bagay at lahat ng
kayamanan ng mga hari ng Juda. Ilalagay ko ang mga bagay
na ito sa kamay ng inyong mga kaaway at sasamsamin
nila ang mga ito. Kukunin nila ang mga ito at dadalhin sa
Babilonia. 6 Ngunit ikaw Pashur at ang lahat ng naninirahan
sa iyong tahanan ay mabibihag. Pupunta ka sa Babilonia at

mamamatay doon. Ikaw at ang lahat ng iyong minamahal
na siyang pinagpahayagan mo ng mapanlinlang na mga
bagay ay maililibing doon'". 7 Hinikayat mo ako, Yahweh.
Tunay nga akong nahikayat. Tinalo at nilupig mo ako. Ako
ay naging katatawanan. Araw-araw akong kinukutya ng mga
tao, sa lahat ng araw. 8 Sapagkat sa tuwing magsasalita
ako, isinisigaw at ipinapahayag ko ang, 'Karahasan at
pagkawasak.' At ang salita ni Yahweh ay naging paninisi at
pangungutya para sa akin araw-araw. 9 Kung sasabihin
kong, 'Hindi ko na iisipin si Yahweh. Hindi ko na ipapahayag
ang kaniyang pangalan.' Magiging tulad ito ng apoy sa aking
puso na nasa aking mga buto. Kaya nagsusumikap akong
pigilan ito ngunit hindi ko kaya. 10 Nakarinig ako ng usap-
usapan ng katatakutan mula sa maraming tao sa paligid.
'Iulat! Dapat natin itong iulat!' Ang mga malapit sa akin ay
nanonood upang makita kung babagsak ako. 'Marahil maaari
siyang madaya. Kung gayon, maaari natin siyang mahigitan
at makapaghiganti sa kaniya.' 11 Ngunit kasama ko si
Yahweh tulad ng makapangyarihang mandirigma, kaya ang
mga humahabol sa akin ay matitisod. Hindi nila ako matatalo.
Labis silang mapapahiya dahil hindi sila magtatagumpay.
Magkakaroon sila ng walang katapusang kahihiyan at hindi
ito kailanman malilimutan. 12 Ngunit ikaw, Yahweh ng mga
hukbo, ikaw na sumusuri sa matuwid at nakakaalam ng isip
at puso. Hayaan mong makita ko ang iyong paghihiganti sa
kanila sapagkat ipinakita ko ang aking kalagayan sa iyo. 13
Umawit kay Yahweh! Purihin si Yahweh! Sapagkat iniligtas
niya ang mga buhay ng mga naapi mula sa kamay ng mga
gumagawa ng masama. 14 Isumpa nawa ang araw ng aking
kapanganakan. Huwag pagpalain ang araw na ipinanganak
ako ng aking ina. 15 Isumpa ang taong nagsabi sa aking ama
na, 'Isang sanggol na lalaki ang ipinanganak para sa iyo,' na
nagdulot ng labis na kagalakan. 16 Hayaan ang taong iyon
ay maging tulad ng mga lungsod na winasak ni Yahweh nang
nawala ang kaniyang awa. Nawa ay marinig niya ang isang
panawagan ng tulong sa madaling araw at ang sigaw ng
labanan sa tanghali. 17 Mangyari nawa ito, yamang hindi ako
pinatay ni Yahweh sa sinapupunan o ginawang libingan ko
ang aking ina, isang sinapupunang buntis magpakailanman.
18 Bakit ako lumabas sa sinapupunan upang makita ang
mga kaguluhan at matinding paghihirap, upang mapuno ng
kahihiyan ang aking mga araw?"

## 21

Ito ang salita na nagmula kay Yahweh para kay
Jeremias nang ipinadala ni Haring Zedekias si Pashur
na anak ni Malchias at ang pari na si Zefanias na anak
ni Maaseias sa kaniya. Sinabi nila sa kaniya, 2 "Humingi
ka ng payo mula kay Yahweh para sa amin, sapagkat
nakikipagdigma sa amin si Nebucadnezar na hari ng
Babilonia. Marahil ay gagawa si Yahweh ng mga himala
para sa amin gaya ng mga nakalipas na panahon at gagawa
siya ng paraan para umurong siya sa amin." 3 Kaya sinabi
ni Jeremias sa kanila, "Ito ang dapat ninyong sabihin kay
Zedekias, 4 sinabi ito ni Yahweh, ang Diyos ng Israel:
Tingnan ninyo, ibabalik ko ang mga sandatang pandigma na
nasa inyong kamay, na inyong ginagamit sa pakikipaglaban
sa hari ng Babilonia at sa mga Caldeo na pumapalibot
sa inyo mula sa labas ng mga pader! Sapagkat titipunin
ko sila sa gitna ng lungsod na ito. 5 At ako mismo ang
lalaban sa inyo na nakataas ang kamay at malakas na bisig,
at may matinding poot, kabangisan at matinding galit. 6
Sapagkat lulusubin ko ang mga naninirahan sa lungsod na
ito, maging tao at hayop. Mamamatay sila sa matinding salot.
7 Pagkatapos nito— ito ang pahayag ni Yahweh—si Zedekias
na hari ng Juda, ang kaniyang mga lingkod, ang mga tao,
at ang sinumang natira sa lungsod na ito pagkatapos ng
salot, ang espada at ang kagutuman—ipapasakamay ko
silang lahat kay Nebucadnezar na hari ng Babilonia, na
kanilang mga kaaway at sa mga naghahangad ng kanilang
buhay. At papatayin niya sila gamit ang talim ng espada.
Hindi niya sila kaaawaan, ililigtas, o kahahabagan.' 8 At
dapat mong sabihin sa mga taong ito, 'Ito ang sinasabi ni
Yahweh: Tingnan ninyo, inilalagay ko sa harapan ninyo ang
daan ng buhay at ang daan ng kamatayan. 9 Ang sinumang
mananatili sa lungsod na ito ay mamamatay sa pamamagitan
ng espada, kagutuman at salot; ngunit sinuman ang lalabas
at magpapatirapa sa harapan ng mga Caldeo na nasa
palibot ninyo ay mabubuhay. Maililigtas niya ang kaniyang
sarili. 10 Sapagkat nagpasya ako laban sa lungsod na
ito upang magdala ng sakuna, at hindi ang magdala ng
kabutihan—ito ang pahayag ni Yahweh. Ito ay naibigay
sa kamay ng haring Babilonia, at susunugin niya ito.' 11
Tungkol sa sambahayan ng haring Juda, makinig sa salita ni
Yahweh. 12 Sa sambahayan ni David, sinasabi ni Yahweh,
'Magdala ka ng katarungan sa umaga. Iligtas ang isang
ninakawan sa kamay ng mapang-api, kung hindi lalabas ang
aking matinding galit na kagaya ng apoy at magliliyab. Dahil
walang makakaapula nito dahil sa masama ninyong mga
gawain. 13 Tingnan ninyo, mga naninirahan sa lambak! Ako
ay laban sa inyo, bato sa kapatagan—ito ang pahayag ni
Yahweh—Ako ay laban sa sinumang nagsasabing, "Sino
ang bababa upang lusubin kami?" o "Sino ang papasok sa
aming mga tahanan?" 14 Nagtakda ako ng bunga ng inyong
mga gawain na maging laban sa inyo—ito ang pahayag ni
Yahweh—at magsisindi ako ng apoy sa mga kasukalan, at
lalamunin ang lahat ng nakapalibot dito."

## 22

Ito ang sinasabi ni Yahweh, "Bumaba ka sa tahanan
ng hari ng Juda at ipahayag mo ang salitang ito doon.
2 Sabihin mo, 'Hari ng Juda, ikaw na nakaupo sa trono ni

David, makinig ka sa salita ni Yahweh. At makinig, kayo
na mga lingkod niya, at kayo na kaniyang mamamayan na
pumasok dito sa mga tarangkahan. **3** Ito ang sinasabi ni
Yahweh, “Maging makatarungan at makatuwiran, at sinuman
ang ninakawan—iligtas siya sa kamay ng mang-aapi sa
kaniya. Huwag apihin ang mga dayuhan sa inyong bayan,
o anumang ulila o balo. Huwag gagawa ng karahasan o
magbubuhos ng dugo ng walang kasalanan sa lugar na ito.
**4** Sapagkat kung talagang gagawin ninyo ang mga bagay na
ito, ang mga haring umupo sa trono ni David ay papasok sa
mga tarangkahan ng tahanan niya na nakasakay ng karwahe
at mga kabayo. Siya, ang kaniyang mga lingkod, at ang
kaniyang mga tao! **5** Ngunit kung hindi kayo makikinig sa mga
salitang ito mula sa akin na inihayag ko—ito ang pahayag ni
Yahweh—kung gayon ang maharlikang palasyong ito ay
masisira.'” **6** Sapagkat ganito ang sinasabi ni Yahweh tungkol
sa palasyo ng hari ng Juda, 'Para sa akin, ikaw ay gaya ng
Gilead, o gaya ng tuktok ng bundok ng Lebanon. Ngunit
gagawin kitang isang ilang, mga lungsod na walang mga
naninirahan. **7** Dahil may itinalaga akong mga tagapagwasak
upang pumunta laban sa inyo! Mga kalalakihan na may
dalang sandata at puputulin ang inyong mga piling puno
ng sedar at ilalaglag ang mga ito sa apoy. **8** Pagkatapos
maraming bansa ang dadaan sa lungsod na ito. Bawat
taong daraan ay sasabihin sa kaniyang kasunod, “Bakit kaya
nagawa ni Yahweh ang ganito sa dakilang lungsod na ito?”
**9** At sumagot ang isa, “Dahil pinabayaan nila ang kasunduan
nila kay Yahweh na kanilang Diyos at yumukod sa ibang mga
diyos at sumamba sa kanila.” **10** Huwag iyakan ang namatay.
Huwag siyang ipagluksa. Ngunit tiyak na tatangisan ninyo
ang sinuman na bibihagin, dahil hindi na siya kailanman
makakabalik upang makitang muli ang lupain kung saan
siya ipinanganak.' **11** Dahil ito ang sinasabi ni Yahweh
tungkol kay Jehoahaz na anak ni Josias na hari ng Juda, na
naglingkod bilang hari sa halip na si Josias na kaniyang
ama, 'Umalis siya mula sa lugar na ito at hindi na babalik. **12**
Doon siya mamamatay sa lugar kung saan nila siya binihag,
at hindi niya kailanman makikitang muli ang lupain na ito.'
**13** Aba sa sinuman na magpapatayo ng kaniyang tahanan
sa paraan na hindi makatuwiran at ang kaniyang mga silid
sa itaas na hindi makatarungan; sapagkat pinagawa niya
sa ibang manggagawa, ngunit hindi niya sila binayaran. **14**
Aba sa sinuman na magsasabi, 'Magpapatayo ako ng sarili
kong tahanan na napakataas at maluluwang na mga silid
sa itaas, at malalaki ang pinagawang mga bintana para sa
kaniyang sarili at mga dingding na may sedar, at pininturahan
lahat ito ng pula.' **15** Ito ba ang magpapakita na ikaw ay
mabuting hari, kaya gusto mong magkaroon ng sedar na
mga dingding? Hindi ba kumain at uminom din ang iyong
ama, ngunit gumawa siya ng makatarungan at makatuwiran?
Kaya mabuti ang mga bagay na nangyari sa kaniya. **16**
Ang paghuhukom niya ay panig sa mga mahihirap at mga
nangangailangan. At maayos ang lahat noon. Hindi ba ito
ang kahulugan ng pagkilala sa akin? —Ito ang pinahayag ni
Yahweh. **17** Ngunit walang laman ang inyong mga mata
at puso maliban ang pag-aalala sa hindi makatarungan
na kikitain ninyo at pagbuhos sa mga dugo ng walang
kasalanan, at sa paggawa ng pagpapahirap at pagmamalupit
sa mga iba. **18** Kaya ito ang sinasabi ni Yahweh tungkol
kay Jehoiakim na anak ni Josias, hari ng Juda: Hindi nila
siya tatangisan ng 'Aba, ang aking kapatid na lalaki!' o 'Aba,
ang aking kapatid na babae!' At hindi sila tatangis ng “Aba,
panginoon!' o 'Aba, kamahalan!' **19** Maililibing siya tulad
ng paglibing ng isang patay na asno, kakaladkarin palayo
at ihahagis sa kabila ng mga tarangkahan ng Jerusalem.
**20** Umakyat ka sa mga bundok ng Lebanon at sumigaw.
Lakasan mong sumigaw sa Bashan. Sumigaw mula sa mga
bundok ng Abarim, dahil lilipulin ang lahat ng iyong mga
kaibigan. **21** Kinausap kita noong panahon na ikaw ay ligtas,
ngunit ang sinabi mo, 'Hindi ako makikinig.' Ito ang dati mong
kaugalian mula pa ng kabataan mo, dahil hindi ka nakinig sa
aking tinig. **22** Ang hangin ang siyang aakay palayo sa lahat
ng iyong mga pastol, at ang mga kaibigan mo ay mapupunta
sa pagkabihag. Pagkatapos ay tiyak na mapapahiya at
hahamakin ka dahil sa mga masasama ninyong gawa. **23**
Ikaw na hari, kayo na nakatira sa Tahanan sa Kagubatan
ng Lebanon, kayo na nagpupugad sa mga sedar, paano
ninyo matitiis kapag darating sa inyo ang pagpapahirap na
gaya ng sakit ng panganganak.” **24** Dahil buhay ako—ito
ang pahayag ni Yahweh— kahit na ikaw, Jehoiakin na anak
ni Jehoiakim, hari ng Juda, ay ang singsing na pantatak na
nasa aking kanang kamay, sisirain kita. **25** Dahil ibinigay na
kita sa mga kamay ng mga naghahangad sa buhay mo at sa
mga dati mong kinatatakutan, ang kamay ni Nebucadnezar
na hari ng Babilonia at ang mga Caldeo. **26** Itatapon kita at
ang iyong ina na nagsilang sa iyo, sa ibang lupain na hindi
ka doon ipinanganak. Doon ka mamamatay. **27** At tungkol sa
bansang ito kung saan nila gustong bumalik, hindi na sila
makababalik dito. **28** Ito ba ay hamak at basag na sisidlan?
Ito bang lalaking si Jehoiakin ay isang palayok na walang
magkakagusto? Bakit kailangan siyang itapon palabas at
ang kaniyang mga kaapu-apuhan, at ibuhos sila sa lupaing
hindi nila alam? **29** O Lupa, Lupa, Lupa! Pakinggan mo ang
salita ni Yahweh! **30** Ito ang sinasabi ni Yahweh, 'Isulat ang
tungkol sa lalaking ito na si Jehoiakin: Siya ay mawawalan
ng anak. Hindi siya naging masagana sa kaniyang panahon,
at wala sa kaniyang mga angkan ang magtatagumpay o

kailanman ay hindi makauupo sa trono ni David at maghari
sa buong Juda.'"

**23** "Aba sa inyong mga pastol na sumisira at nagsisingalat
sa mga tupa ng aking pastulan—Ito ang pahayag
ni Yahweh." **2** Kaya si Yahweh, ang Diyos ng Israel,
sinasabi ito tungkol sa mga pastol na nagpapastol sa
kaniyang mga tao, "Inyong pinapangalat ang aking kawan
at itinaboy ninyo sila palayo. Hindi ninyo sila inalagaan
kailanman. Alamin ninyo ito! Pagbabayarin ko kayo sa mga
kasamaang ginagawa ninyo—Ito ang pahayag ni Yahweh.
**3** Ako mismo ang magtitipon sa mga nalabi sa aking mga
kawan mula sa lahat ng mga lupain kung saan ko sila
dinala, at ibabalik ko sila sa isang masaganang lugar, kung
saan sila ay magiging mabunga at dadami. **4** Pagkatapos
ay magbabangon ako ng mga pastol na magpapastol sa
kanila upang hindi na sila matatakot o magugulo. Wala ng
maliligaw sa kanila—Ito ang pahayag ni Yahweh. **5** Tingnan
ninyo, ang mga araw ay paparating—ito ang pahayag ni
Yahweh—kapag magbabangon ako para kay David ng
isang matuwid na sanga. Mamumuno siya bilang hari;
magdadala siya ng kasaganaan at magpapatupad siya ng
katarungan at katuwiran sa lupain. **6** Sa kaniyang mga
kapanahunan, maliligtas ang Juda at mamumuhay ang Israel
ng may katiwasayan. At ito ang pangalan na itatawag sa
kaniya: Si Yahweh ang ating Katuwiran. **7** Samakatuwid
tingnan, paparating ang mga araw—ito ang pahayag ni
Yahweh—kapag hindi na nila sasabihing,' Sapagkat buhay si
Yahweh, na naglabas sa mga tao ng Israel mula sa lupain
ng Egipto.' **8** Sa halip sasabihin nila, 'Sapagkat buhay si
Yahweh, na naglabas at nagbalik sa mga kaapu-apuhan
ng sambahayan ng Israel mula sa hilagang lupain at sa
lahat ng mga lupain kung saan sila dinala.' At mamumuhay
sila sa kanilang sariling lupain." **9** Tungkol sa mga propeta,
nawasak ang aking puso, at nanginig ang lahat ng aking
mga buto. Naging tulad ako ng isang lasing na lalaki, tulad
ng isang lalaking nadaig ng alak, dahil kay Yahweh at sa
kaniyang mga banal na salita. **10** Sapagkat ang lupain
ay puno ng mga mangangalunya. Dahil sa mga ito ang
lupain ay tumatangis. Ang mga parang sa ilang ay natuyo.
Ang mga landas ng mga propetang ito ay masama; ang
kanilang kapangyarihan ay hindi ginamit sa tamang paraan.
**11** "Sapagkat ang mga propeta at ang mga pari ay parehong
marumi. Maging sa aking tahanan ay natagpuan ko ang
kanilang kasamaan! —ito ang pahayag ni Yahweh— **12**
samakatuwid ang kanilang mga landas ay magiging tulad ng
isang madulas na lugar sa kadiliman. Itutulak sila pababa.
Mahuhulog sila rito. Sapagkat magpapadala ako ng sakuna
laban sa kanila sa taon ng kanilang kaparusahan—ito ang
pahayag ni Yahweh— **13** Sapagkat nakita ko ang mga
kasalanan ng mga propeta sa Samaria. Nagpahayag sila sa
pamamagitan ni Baal at iniligaw ang aking Israelita sa maling
landas. **14** At maging sa mga propeta sa Jerusalem ay
nakita ko ang mga kakila-kilabot na mga bagay: Nangalunya
at lumalakad sila sa kasinungalingan. Pinapalakas nila
ang mga kamay ng mga gumagawa ng masama: walang
isa man ang tumalikod mula sa kaniyang ginagawang
kasamaan. Lahat sila ay naging tulad ng Sodoma sa akin
at ang mga naninirahan dito ay tulad ng Gomorra!" **15**
Samakatwid ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo
tungkol sa mga propeta, "Tingnan ninyo, pakakainin ko sila
ng halamang mapait at paiinumin ng tubig na nakakalason,
sapagkat lumabas ang karumihan mula sa mga propeta ng
Jerusalem sa buong lupain." **16** Ito ang sinasabi ni Yahweh
ng mga hukbo, "Huwag ninyong pakinggan ang mga salita
ng mga propeta na nagpapahayag sa inyo. Dinaya nila
kayo! Naghahayag sila ng mga pangitain mula sa kanilang
sariling mga kaisipan, hindi nagmula sa bibig ni Yahweh. **17**
Patuloy nilang sinasabi sa mga taong hindi nagpaparangal
sa akin, 'Ipinapahayag ni Yahweh na magkakaroon ng
kapayapaan para sa inyo.' At ang bawat isa na lumalakad
sa katigasan ng kanilang puso ay sinasabing, 'Ang sakuna
ay hindi darating sa inyo.' **18** Ngayon, sino ang tatayo sa
konseho ng pagtitipon ni Yahweh? Sino ang makakakita
at makakarinig sa kaniyang salita? Sino ang magbibigay
pansin sa kaniyang salita at makikinig? **19** Tingnan, may
isang bagyo na parating mula kay Yahweh! Ang kaniyang
matinding galit ay lalabas na, at ang bagyo ay paikot-ikot. Ito
ay iikot-ikot sa palibot ng mga ulo ng masasama. **20** Ang galit
ni Yahweh ay hindi huhupa hanggang sa maisagawa ang
mga ito at maisakatuparan ang layunin ng kaniyang puso.
Maiintindihan ninyo ito, sa mga huling araw. **21** Hindi ko
ipinadala ang mga propetang ito. Lumitaw lamang sila. Hindi
ako nagpahayag ng anumang bagay sa kanila, ngunit patuloy
silang nagpapahayag, **22** Sapagkat kung sila ay tumayo
sa aking konsehong pagtitipon, ipaparinig nila sa aking
mga tao ang aking salita; ito ang dahilan upang tumalikod
sila sa kanilang mga masasamang salita at maruruming
mga gawain. **23** Diyos lamang ba ako sa malapit—Ito ang
pahayag ni Yahweh—at hindi rin ba Diyos sa malayo? **24**
Maaari bang makapagtago ang sinuman sa tagong lugar na
hindi ko siya nakikita? —Ito ang pahayag ni Yahweh—at
hindi ba ako ang nagpuno ng mga langit at ang lupa?
—ito ang pahayag ni Yahweh. **25** Narinig ko kung ano ang
sinabi ng mga propeta, doon sa mga nagpapahayag ng may
panlilinlang sa aking pangalan. Sinabi nila, 'Mayroon akong
isang panaginip! Mayroon akong isang panaginip!' **26** Gaano
katagal ito magpapatuloy, ang mga propetang nagpapahayag
ng kasinungalingan mula sa kanilang mga kaisipan, at sa

mga nagpapahayag ng panlilinlang sa kanilang mga puso?
27 Binabalak nilang gawin na kalimutan ng aking mga tao
ang aking pangalan ayon sa mga panaginip na kanilang
ibinalita, bawat isa sa kaniyang kapwa, gaya lamang ng
kanilang mga ninuno na kinalimutan ang aking pangalan
alang-alang sa pangalan ni Baal. 28 Ang propetang may
panaginip, hayaang ibalita ang kaniyang panaginip. Ngunit
sa isa na pinahayagan ko ng ilang bagay, ipahayag niya ng
makatotohanan ang aking salita. Ano ang gagawin ng dayami
sa kaniyang butil? —Ito ang pahayag ni Yahweh— 29 at ang
aking salita ay hindi ba tulad ng apoy? —ito ang pahayag ni
Yahweh—at tulad ng maso na dinudurog ang bato? 30 Kaya
tingnan ninyo, hindi ako sang-ayon sa mga propeta—ito
ang pahayag ni Yahweh—sinumang magnanakaw ng salita
mula sa ibang tao at sinasabi nilang sila ay galing sa akin.
31 Tingnan, hindi ako sang-ayon sa mga propeta—ito ang
pahayag ni Yahweh—na gumagamit ng kanilang mga dila
upang magpahayag ng mga babala. 32 Tingnan ninyo,
hindi ako sang-ayon sa mga propeta na nananaginip ng
mapanlinlang—Ito ang pahayag ni Yahweh—at pagkatapos
ay ipapahayag ang mga ito at sa paraang ito naliligaw ang
aking mga tao sa kanilang panlilinlang at pagmamataas.
Hindi ako sang-ayon sa kanila, sapagkat hindi ko sila
isinugo ni binigyan ng mga utos. Kaya tiyak na hindi nila
tutulungan ang mga taong ito—ito ang pahayag ni Yahweh.
33 Kapag ang mga taong ito o isang propeta o isang pari
ang magtatanong sa iyo, 'Ano ang pahayag ni Yahweh?' at
dapat mong sabihin sa kanila, 'Anong pahayag? Sapagkat
iniwan ko na kayo'—ito ang pahayag ni Yahweh. 34 Para sa
mga propeta, mga pari at ang mga taong nagsasabing, 'Ito
ang pahayag ni Yahweh,' Parurusahan ko ang taong iyon at
ang kaniyang sambahayan. 35 Patuloy ninyong sinasabi,
bawat tao sa kaniyang kapwa at bawat tao sa kaniyang
kapatid na lalaki, 'Ano ang sagot ni Yahweh?' at 'Ano ang
pahayag ni Yahweh?' 36 Ngunit hindi na ninyo kailangan
pang magsalita tungkol sa pahayag ni Yahweh, sapagkat
sa bawat pahayag mula sa bawat tao ay naging kaniyang
sariling mensahe, at binago ninyo ang mga salita ng buhay
na Diyos, si Yahweh ng mga hukbo, na ating Diyos. 37
Ito ang inyong tinatanong sa propeta, 'Ano ang isinagot
ni Yahweh sa inyo? Ano ang ipinahayag ni Yahweh? 38
Pagkatapos ibabalita ninyo ang isang pahayag mula kay
Yahweh, ngunit ito ang sinasabi ni Yahweh, 'Sinasabi mo,
“Narito ang pahayag ni Yahweh,” kahit na magpapadala ako
ng utos sa inyo at sinabing, “Huwag mong sabihin: Ito ang
isang pahayag mula kay Yahweh.” 39 Kaya, tingnan ninyo,
pupulutin ko kayo at itatapon palayo mula sa akin, kasama
ang lungsod na ibinigay ko sa inyo at sa inyong mga ninuno.
40 Pagkatapos ay ilalagay ko kayo sa walang hanggang
kahihiyan at lalaitin kayo ng hindi malilimutan.'”

**24** Nagpakita si Yahweh ng isang bagay sa akin. Masdan,
dalawang basket ng igos ang nakalagay sa harapan
ng templo ni Yahweh. (Ang pangitain na ito ay nangyari
pagkatapos dalhin ni Nebucadnezar, na hari ng Babilonia, sa
pagkakabihag si Jeconias na anak ni Jehoiakim, na hari ng
Juda, ang mga pinuno ng Juda, mga mang-uukit at mga
manggagawa ng bakal mula sa Jerusalem at dinala sila sa
Babilonia.) 2 Ang isang basket ng igos ay napakaganda,
tulad ng mga unang nahinog na igos, ngunit ang ibang
mga basket ng igos ay napakasama na hindi maaring
kainin. 3 Sinabi ni Yahweh sa akin, “Ano ang nakikita mo,
Jeremias?” sinabi ko, “Mga igos. Mga igos na napakaganda
at igos na napakasama na hindi ito maaaring kainin.” 4
Pagkatapos, ang salita ni Yahweh ay dumating sa akin
at sinabi, 5 “Sinasabi ito ni Yahweh, ang Diyos ng Israel:
Titingnan ko ang pagkakabihag ng Juda para sa kanilang
kapakinabangan, tulad ng mabubuting igos na ito, ang
mga bihag na aking ipinadala mula sa lugar sa lupain ng
Caldeo. 6 Ibabaling ko ang aking mga mata sa kanila para
sa kabutihan at muli silang ibabalik sa lupaing ito. Itatayo ko
sila at hindi ibababagsak. Itatanim ko sila, at hindi bubunutin.
7 At bibigyan ko sila ng isang puso upang kilalanin ako,
sapagkat ako si Yahweh. Sila ay magiging aking mga tao at
ako ay magiging kanilang Diyos, kaya babalik sila sa akin
nang buong puso. 8 Ngunit tulad ng masamang igos na hindi
maaaring kainin—ito ang sinasabi ni Yahweh—gagawin ko
ang paraang ito kina Zedekias, na hari ng Juda, kasama ang
kaniyang mga opisyal, at ang ilan pa sa mga taga-Jerusalem
na nananatili sa lupaing ito o pupunta upang manatili sa
lupain ng Egipto. 9 Ibabaling ko sila sa isang nakakatakot na
bagay, isang sakuna, sa paningin ng lahat ng kaharian sa
lupa, isang kahihiyan at isang sentro ng mga salawikain,
mga paghamak, at mga sumpa sa lahat ng lugar kung saan
ko sila dinala. 10 Magpapadala ako ng espada, taggutom, at
salot laban sa kanila, lubos silang mauubos mula sa lupain
na aking ibinigay sa kanila at sa kanilang mga ninuno.”

**25** Ito ang salitang dumating kay Jeremias tungkol sa lahat
ng mga tao ng Juda. Dumating ito sa ikaapat na taon
ni Jehoaikim na anak ni Josias, hari ng Juda. Iyon ang unang
taon ni Nebucadnezar, na hari ng Babilonia. 2 Ipinahayag ito
ni Jeremias na propeta sa lahat ng taga-Juda at sa lahat ng
naninirahan sa Jerusalem. 3 Sinabi niya, “Sa dalawampu't
tatlong taon, mula sa ikalabing-tatlong taon ni Josias na
anak ni Amon, na hari ng Juda hanggang sa araw na ito,
dumating ang mga salita ni Yahweh sa akin. Ipinapahayag ko
ang mga ito sa inyo. Masigasig kong ipinapahayag ang mga

ito, ngunit hindi kayo nakinig. **4** Isinugo ni Yahweh ang lahat
ng kaniyang mga lingkod na mga propeta sa inyo. Masigasig
silang humayo, ngunit hindi kayo nakinig o nagbigay-pansin.
**5** Sinabi ng mga propetang ito, 'Hayaan ninyong tumalikod
ang bawat tao mula sa kaniyang masasamang gawa at
ang katiwalian na kanilang mga kinagawian at bumalik sa
lupain na ibinigay ni Yahweh noong unang panahon sa
inyong mga ninuno at sa inyo, bilang isang permanenteng
kaloob. **6** Kaya huwag kayong lumakad sa ibang diyos
upang sambahin sila o yumukod sa kanila, at huwag ninyo
silang udyukan sa pamamagitan ng gawa ng inyong mga
kamay upang gawan nila kayo ng ikakasakit ninyo.' **7**
Ngunit hindi kayo nakinig sa akin—ito ang pahayag ni
Yahweh—kaya inudyukan ninyo ako sa pamamagitan ng
gawa ng inyong mga kamay upang saktan ko kayo. **8** Kaya
ito ang sinasabi ni Yahweh na pinuno ng mga hukbo, 'Dahil
hindi kayo nakinig sa aking mga salita, **9** tingnan ninyo,
magpapadala ako ng isang utos na tipunin ang lahat ng
mga tao sa hilaga—ito ang pahayag ni Yahweh—kasama ni
Nebucadnezar na aking lingkod, ang hari ng Babilonia, at
dalhin sila laban sa lupaing ito at ang bawat naninirahan
dito, at laban sa lahat ng mga bansa na nakapalibot sa inyo.
Sapagkat inihiwalay ko sila para sa pagkasira. Gagawin ko
silang isang katatakutan, sila ang paksa ng mga panunutsot,
at walang hanggang pagkawasak. **10** Ang mga tunog ng
kagalakan at pagdiriwang—ang mga tinig ng ikakasal na
lalake at babae, ang tunog ng mga batong gilingan at
ang liwanag ng mga ilawan—pahihintulutan kong mawala
ang lahat ng mga bagay na ito mula sa mga bansang
ito. **11** Pagkatapos mawawasak ang lahat ng lupaing ito
at magiging isang katatakutan, at maglilingkod sa hari ng
Babilonia ang mga bansang ito ng pitumpung taon. **12** At
mangyayari ang mga ito kapag nabuo na ang pitumpung
taon, na aking parurusahan ang hari ng Babilonia at ang
bansang iyon, ang lupain ng mga Caldeo— Ito ang pahayag
ni Yahweh—dahil sa kanilang mga kasalanan at gagawin
ito ng walang katapusang pagkawasak. **13** Pagkatapos
dadalhin ko laban sa lupaing iyon ang lahat ng mga salita
na aking sinabi, at lahat ng mga bagay na isinulat sa aklat
na ito na inihula ni Jeremias laban sa lahat ng mga bansa.
**14** Sapagkat marami rin sa ibang bansa at mga dakilang
hari ang gagawing mga alipin mula sa mga bansang ito.
Pagbabayarin ko sila sa kanilang mga gawa at sa mga
ginawa ng kanilang mga kamay." **15** Sapagkat ito ang sinabi
sa akin ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, "Kunin mo ang saro
ng alak ng matinding galit sa aking mga kamay at painumin
mo ang lahat ng mga bansa kung saan kita isusugo. **16**
Sapagkat iinom sila at pagkatapos madarapa at tatakbo
ng may kabaliwan bago ang espada na aking isusugo sa
kanila." **17** Kaya kinuha ko ang saro mula sa kamay ni
Yahweh, at pinainom ko ang lahat ng mga bansa kung saan
ako isinugo ni Yaweh— **18** Jerusalem, ang mga lungsod ng
Juda at ang kaniyang mga hari at mga opisyal—na gawin
silang pagkawasak at isang bagay na nakakatakot, at isang
paksa para sa panunutsut at pagsusumpa, nanatili silang
gayon hanggang ngayon. **19** Kinakailangang inumin din
ito ng ibang bansa: Si Faraon na hari ng Egipto at ang
kaniyang mga alipin; ang kaniyang mga opisyal at ang lahat
ng kaniyang mga tao; **20** ang lahat ng mga tao na may ibat-
ibang lahi at lahat ng mga hari sa lupain ng Uz; ang lahat ng
mga hari sa lupain ng Filisteo—Ascalon, Gaza, Ekron, at ang
mga natira sa Asdod; **21** Edom at Moab at lahat ng mga tao
sa Ammon; **22** ang mga hari ng Tiro at Sidon; ang mga hari
sa mga baybayin sa kabilang bahagi ng dagat; **23** Dedan,
Tema, at Buz kasama ang lahat ng mga nagputol ng buhok
sa mga gilid ng kanilang mga ulo. **24** Kinakailangang inumin
din ito ng mga taong ito: ang lahat ng mga hari sa Arabia at
sa lahat ng mga hari ng mga tao na may ibat-ibang mga
lahi na naninirahan sa ilang; **25** lahat ng mga hari ng Zimri,
lahat ng mga hari ng Elam, at lahat ng mga hari ng Media;
**26** lahat ng mga hari sa hilaga, lahat ng malalapit at mga
malalayo—bawat isang kasama ng kaniyang kapatid at lahat
ng mga kaharian ng mundo na nasa ibabaw ng lupa. Sa
wakas, ang hari ng Babilonia ay iinom pagkatapos ng lahat.
**27** Sinabi ni Yahweh sa akin, "Ngayon kinakailangan mong
sabihin sa kanila, 'Si Yahweh na pinuno ng mga hukbo, ang
Diyos ng Israel, sinasabi niya ito: Uminom kayo at malasing,
pagkatapos ay sumuka, bumagsak, at huwag babangon
bago ang espada na ipadadala ko sa inyo.' **28** At mangyayari
ito kung tatanggi silang kunin ang saro mula sa iyong mga
kamay upang inumin, sasabihin mo sa kanila, 'Sinasabi
ni Yahweh na pinuno ng mga hukbo: Kinakailangan ninyo
itong inumin. **29** Sapagkat tingnan ninyo, magpapadala ako
ng sakuna sa lungsod na tatawag sa aking pangalan, at
dapat ba na hindi kayo kasama sa kaparusahan? Hindi
kayo magiging malaya, sapagkat tatawag ako ng isang
espada laban sa lahat ng naninirahan sa lupain! —Ito
ang pahayag ni Yahweh na pinuno ng mga hukbo.' **30**
Kaya ikaw mismo, Jeremias, ay dapat magpropesiya sa
kanila ng mga salitang ito. Kinakailangan mong sabihin
sa kanila, 'Dumagundong ang tinig ni Yahweh mula sa
itaas at inilalakas niya ang kaniyang tinig mula sa nilaan
niyang lugar na pinananahanan. Dumagundong siya mula
sa lugar na kaniyang pinananahanan; sumisigaw siya laban
sa lahat ng naninirahan sa lupain, gaya ng mga taong
umaawit kapag sila ay magsisiyapak sa mga ubas. **31** Isang
ingay ang dumating sa dulo ng lupain, sapagkat ang isang
hindi pagkakasundo kay Yahweh ay magdadala ng isang

pagsasakdal laban sa mga bansa. Mangangasiwa siya ng
katarungan sa lahat ng laman. Ipapasakamay niya ang mga
masasama sa espada—Ito ang pahayag ni Yahweh.' **32** Ito
ang sinabi ni Yahweh na pinuno ng mga hukbo, 'Tingnan
ninyo, lalabas ang sakuna mula sa bansa patungo sa bansa,
at isang napakalakas na bagyo ang pasimula mula sa
pinakamalayong bahagi ng mundo. **33** Pagkatapos, silang
mga napatay ni Yahweh ng araw na iyon ay madaragdagan
mula sa dulo ng mundo hanggang sa kabilang dulo; hindi sila
pagluluksaan, titipunin, o ililibing. Magiging tulad sila ng mga
dumi sa lupa. **34** Tumangis kayo, mga pastol, at sumigaw
para humingi ng tulong! Gumulong sa lupa, kayo na mga
kamahalan sa mga kawan. Sapagkat ang inyong mga araw
ay kakatayin at ang paghihiwalay ay darating. Babagsak
kayong gaya ng mga piniling tupang lalaki. **35** Ang kanlungan
ng mga pastol ay nawala. Walang makakatakas para sa
kamahalan sa mga kawan. **36** May pagkabalisang mga
panaghoy ng mga pastol at ang pagtangis ng kamahalan sa
kawan, sapagkat wawasakin ni Yahweh ang kanilang mga
pastulan. **37** Kaya ang mapayapang pastulan ay mawawasak
sapagkat labis ang galit ni Yahweh. **38** Tulad ng isang batang
leon, na iniwan niya ang kaniyang yungib, dahil ang kanilang
mga lupain ay magiging isang katatakutan dahil sa kaniyang
mapang-aping galit, dahil sa kaniyang matinding galit."

**26** Sa pasimula ng paghahari ni Jehoiakim na anak ni
Josias, ang hari ng Juda, dumating ang salitang ito
mula kay Yahweh at sinabi, **2** "Sinasabi ito ni Yahweh:
Tumayo ka sa patyo ng aking tahanan at magsalita sa lahat
ng mga lungsod ng Juda na pumupunta upang sumamba
sa aking tahanan. Ipahayag mong lahat ang mga salitang
iniutos ko sa iyo na iyong sasabihin sa kanila. Huwag mong
babawasan ng kahit na anumang salita! **3** Baka sakaling
makinig sila, na bawat tao ay tatalikod sa kanilang mga
masasamang kaparaanan, upang bawiin ko ang tungkol sa
kapahamakang binabalak kong ipadala sa kanila dahil sa
kasamaan ng kanilang mga nakasanayan. **4** Kaya dapat
mong sabihin sa kanila, 'Sinasabi ito ni Yahweh: Kung hindi
kayo makikinig sa akin at susunod sa kautusan na aking
inilagay sa inyong harapan. **5** Kung hindi kayo makikinig
sa mga salita ng aking mga lingkod na mga propeta na
siyang patuloy kong isinusugo sa inyo—ngunit hindi ninyo
pinakinggan! — **6** kaya gagawin ko ang tahanang ito na
tulad ng Shilo. Gagawin kong isinumpa ang lungsod na ito
sa paningin ng lahat ng mga bansa sa lupa.'" **7** Narinig
ng mga pari, ng mga propeta, at ng lahat ng mga tao ang
mga salita na ipinapahayag ni Jeremias sa tahanan ni
Yahweh. **8** Kaya nangyari na, nang matapos ipahayag ni
Jeremias sa lahat ng tao, sa mga pari, at sa mga propeta
ang ipinapasabi ni Yahweh sa kaniya, hinuli siya ng lahat
ng tao at sinabi, "Tiyak na mamamatay ka! **9** Bakit ka
nagpahayag sa pangalan ni Yahweh at sinabi na magiging
gaya ng Shilo ang tahanang ito at mapapabayaan ang
lungsod na ito na walang maninirahan?" Sapagkat ang
lahat ng tao ay nakabuo ng isang nagkakagulong mga tao
laban kay Jeremias sa tahanan ni Yahweh. **10** At narinig
ng mga opisyal ng Juda ang mga salitang ito kaya mula
sa tahanan ng hari nagtungo sila sa tahanan ni Yahweh.
Umupo sila sa daanan sa may Bagong Tarangkahan ng
tahanan ni Yahweh. **11** Nakipag-usap ang mga pari at ang
mga propeta sa mga opisyal at sa lahat ng tao. Sinabi
nila, "Marapat lamang na mamatay ang taong ito, sapagkat
nagpahayag siya laban sa lungsod na ito, gaya ng mga
narinig ng inyong mga tainga!" **12** Kaya nagsalita si Jeremias
sa lahat ng opisyal at sa lahat ng tao at sinabi, "Isinugo
ako ni Yahweh upang magpahayag laban sa tahanan at
sa lungsod na ito upang sabihin sa inyo ang lahat ng mga
salita na inyong narinig. **13** Kaya ngayon, ayusin ninyo ang
inyong pamumuhay at mga nakasanayan at makinig kayo
sa tinig ni Yahweh na inyong Diyos upang mahabag siya
tungkol sa kapahamakan na kaniyang ipinahayag laban sa
inyo. **14** Tumingin kayo sa akin! Ako mismo ay nasa inyong
mga kamay. Gawin ninyo sa akin kung ano ang mabuti at
matuwid sa inyong mga mata. **15** Ngunit dapat ninyong
malaman na kapag pinatay ninyo ako, nagdadala kayo ng
walang-salang dugo sa inyong mga sarili, sa lungsod na ito
at sa mga naninirahan dito, sapagkat tunay na isinugo ako
sa inyo ni Yahweh upang ipahayag ko ang lahat ng mga
salitang ito sa inyong mga tainga." **16** Pagkatapos, sinabi
ng mga opisyal at ng lahat ng tao sa mga pari at sa mga
propeta, "Hindi tama para sa taong ito na mamatay, sapagkat
nagpahayag siya sa atin ng mga bagay sa pangalan ni
Yahweh na ating Diyos." **17** Pagkatapos, tumayo ang mga
lalaki mula sa mga nakatatanda at nagsalita sa buong
kapulungan ng mga tao. **18** Sinabi nila, "Si Mikas na isang
Morastita ay nagpahayag sa mga panahon ni Hezekias,
na hari ng Juda. Nagsalita siya sa lahat ng taga-Juda at
sinabi, "Sinabi ito ni Yahweh ng mga hukbo: Magiging gaya
ng isang parang na binubungkal ang Zion, magiging isang
bunton ng mga durog na bato ang Jerusalem at magiging
isang masukal na burol ang bundok na kinatatayuan ng
templo.' **19** Ipinapatay ba siya ni Hezekias na hari ng Juda at
ng buong Juda? Hindi ba niya kinatakutan si Yawheh at
pinahinahon ang mukha ni Yahweh upang bawiin ni Yahweh
ang tungkol sa kapahamakang ipinahayag niya sa kanila?
Kaya, gagawa ba tayo nang mas matinding kasamaan laban
sa ating mga sariling buhay?" **20** Samantala, may isa pang
taong nagpahayag sa pangalan ni Yahweh, si Urias na
anak ni Semaya na taga-Kiriat Jearim. Nagpahayag din

siya laban sa lungsod at sa lupaing ito na sumasang-ayon
sa lahat ng sinabi ni Jeremias. **21** Ngunit nang marinig ni
Haring Jehoiakim at ng lahat ng kaniyang mga kawal at mga
opisyal ang kaniyang sinabi, sinubukan siyang ipapatay ng
hari ngunit nalaman ito ni Urias at natakot, kaya tumakas
siya at nagtungo sa Egipto. **22** Gayunpaman, nagpadala si
Haring Jehoiakim ng mga tauhan sa Egipto, si Elnatan na
anak ni Acbor at mga tauhan na kasama niya sa Egipto. **23**
Dinakip nila si Urias mula sa Egipto at dinala kay Haring
Jehoiakim. Pagkatapos, pinatay siya ni Jehoiakim gamit ang
espada at ipinadala ang kaniyang bangkay sa libingan ng
mga karaniwang tao. **24** Ngunit na kay Jeremias ang mga
kamay ni Ahikam na anak ni Safan, kaya hindi siya ibinigay
sa mga kamay ng mga tao upang kanilang patayin.

**27** Sa pasimula ng paghahari ni Jehoiakim na anak ni
Josias, na hari ng Juda, dumating ang salitang ito kay
Jeremias mula kay Yahweh. **2** Ito ang sinabi sa akin ni
Yahweh, "Gumawa ka ng mga tanikala at pamatok para sa
iyong sarili. Ilagay mo ang mga ito sa iyong leeg. **3** At ipadala
mo ang mga ito sa hari ng Edom, sa hari ng Moab, sa hari ng
mga Amonita, sa hari ng Tiro, at sa hari ng Sidon. Ipadala mo
ang mga ito sa pamamagitan ng mga kamay ng mga sugo ng
hari na pumunta sa Jerusalem kay Zedekias na hari ng Juda.
**4** Magbigay ka ng mga utos sa kanila para sa kanilang mga
panginoon at sabihin, 'Sinabi ito ni Yahweh ng mga hukbo,
ang Diyos ng Israel: Ganito ang dapat ninyong sabihin sa
inyong mga panginoon, **5** "Ako mismo ang gumawa ng lupa
sa pamamagitan ng aking dakilang kapangyarihan at ng
aking nakataas na braso. Ginawa ko rin ang mga tao at mga
hayop sa lupa at ibibigay ko ito sa sinumang nararapat sa
aking paningin. **6** Kaya ngayon, ako mismo ang magbibigay
ng lahat ng lupaing ito sa kamay ni Nebucadnezar, ang
hari ng Babilonia, na aking lingkod. Gayundin, ibinibigay ko
sa kaniya ang mga bagay na nabubuhay sa mga parang
upang maglingkod sa kaniya. **7** Sapagkat maglilingkod sa
kaniya ang lahat ng mga bansa, sa kaniyang mga anak at sa
kaniyang mga apo hanggang sa dumating ang panahon na
magwakas ang kaniyang lupain. At maraming bansa at mga
makapangyarihang hari ang tatalo sa kaniya. **8** Kaya ang
bansa at kahariang hindi maglilingkod kay Nebucadnezar,
na hari ng Babilonia at hindi maglalagay ng kaniyang leeg
sa pamatok ng hari ng Babilonia, parurusahan ko ang
bansang iyon sa pamamagitan ng espada, taggutom at
salot hanggang sa mawasak ko sila sa pamamagitan ng
kaniyang kamay. Ito ang pahayag ni Yahweh. **9** At kayo!
Itigil na ninyo ang pakikinig sa inyong mga propeta, sa
inyong mga manghuhula, sa mga nagpapaliwanag ng inyong
mga panaginip at sa mga salamangkero na nagsasalita
sa inyo at sinasabi, 'Huwag ninyong paglilingkuran ang
hari ng Babilonia.' **10** Sapagkat nagpapahayag sila ng
panlilinlang sa inyo upang sa gayon maipatapon kayo sa
malayo mula sa inyong mga lupain, sapagkat ipatatapon
ko kayo at kayo ay mamamatay. **11** Ngunit ang bansa na
naglalagay ng leeg nito sa pamatok ng hari ng Babilonia at
maglilingkod sa kaniya, pahihintulutan kong magpahinga
sa lupain nito at ihahanda nila ito at gagawa ng kanilang
mga tahanan dito. Ito ang pahayag ni Yahweh."'" **12** Kaya
sinabi ko kay Zedekias na hari ng Juda at ibinigay ko sa
kaniya ang mensaheng ito, "Ilagay ninyo sa inyong mga leeg
ang pamatok ng hari ng Babilonia at paglingkuran siya at
ang kaniyang mga tao at mabubuhay kayo. **13** Bakit kayo
mamamatay, kayo at ang inyong mga tao sa pamamagitan
ng espada, taggutom at salot, gaya ng ipinahayag ko
tungkol sa bansa na tumanggi na paglingkuran ang hari ng
Babilonia? **14** Huwag kayong makinig sa mga salita ng inyong
mga propeta na nagsasalita sa inyo at sinasabi, 'Huwag
ninyong paglilingkuran ang hari ng Babilonia,' sapagkat
mga kasinungalingan ang ipinapahayag nila sa inyo. **15**
'Sapagkat hindi ko sila isinugo dahil nagpapahayag sila ng
panlilinlang sa aking pangalan upang ipatapon ko kayo at
mamamatay, kayo at ang mga propeta na nagpapahayag sa
inyo. Ito ang pahayag ni Yahweh.'" **16** Ipinahayag ko ito sa
mga pari at sa lahat ng tao at sinabi, "Ito ang sinasabi ni
Yahweh: Huwag kayong makinig sa mga salita ng inyong
mga propetang nagpapahayag sa inyo at sinasabi, 'Tingnan
ninyo! Ang mga bagay na pag-aari ng tahanan ni Yahweh
ay ibinabalik ngayon mula sa Babilonia!' Nagpapahayag
sila ng mga kasinungalingan sa inyo. **17** Huwag kayong
makinig sa kanila. Dapat ninyong paglingkuran ang hari
ng Babilonia at mabuhay. Bakit kailangang maging isang
lungsod ng pagkawasak ang lungsod na ito? **18** Kung mga
propeta sila at totoo na dumating ang salita ni Yahweh sa
kanila, hayaan mong magmakaawa sila kay Yahweh ng mga
hukbo na huwag ipadala sa Babilonia ang mga bagay na
nananatili sa kaniyang tahanan, ang tahanan ng hari ng
Juda at Jerusalem. **19** Sapagkat si Yahweh ng mga hukbo
ay nagpapahayag tungkol sa mga haligi, sa ipunan ng tubig
at sa pundasyon at sa iba pang mga bagay na nananatili
sa lungsod na ito, **20** ang mga bagay na hindi kinuha ni
Nebucadnezar, na hari ng Babilonia, nang dinala niya sa
pagkabihag si Jeconias na anak ni Jehoiakim, na hari ng
Juda mula sa Jerusalem patungo sa Babilonia kasama ang
lahat ng mga maharlika ng Juda at Jerusalem. **21** Ito ang
sinabi ni Yahweh ng mga hukbo, ang Diyos ng Israel, tungkol
sa mga bagay na nananatili sa tahanan ni Yahweh, ang
tahanan ng hari ng Juda at Jerusalem, **22** 'Dadalhin ang mga
ito sa Babilonia at mananatili doon hanggang sa dumating
ang araw na aking itinakda para sa mga ito at dadalhin ko

ang mga ito at ibabalik sa lugar na ito.'" Ito ang pahayag ni
Yahweh.

**28** Nangyari ito sa taong iyon, sa simula ng paghahari
ni Zedekias na hari ng Juda, sa ika-apat na taon at sa
ika-limang buwan, si Ananias na anak ni Azur na propeta,
na mula sa Gibeon ay nagsalita sa akin sa tahanan ni
Yahweh sa harap ng mga pari at sa lahat ng mga tao.
Sinabi niya, **2** Si Yahweh ng mga hukbo, Diyos ng Israel,
ang nagsasabi nito: Binali ko ang pamatok na ipinataw ng
hari ng Babilonia. **3** Sa loob ng dalawang taon ibabalik ko
sa lugar na ito ang lahat ng mga bagay na pag-aari ng
tahanan ni Yahweh na kinuha ni Nebucadnezar na hari
ng Babilonia mula sa lugar na ito at dinala sa Babilonia.
**4** At ibabalik ko sa lugar na ito si Jeconias na anak ni
Jehoiakim, na hari ng Juda at lahat ng mga bihag ng Juda
na ipinadala sa Babilonia, sapagkat sisirain ko ang pamatok
ng hari ng Babilonia." Ito ang pahayag ni Yahweh. **5** Kaya
nagsalita si Jeremias na propeta kay Ananias na propeta
sa harap ng mga pari at sa lahat ng mga taong nakatayo
sa tahanan ni Yahweh. **6** Sinabi ni Jeremias na propeta,
"Gawin nawa ito ni Yahweh! Patunayan nawa ni Yahweh ang
mga salita na iyong ipinahayag at ibalik sa lugar na ito ang
mga bagay na pag-aari ng tahanan ni Yahweh at ang lahat
ng mga bihag mula sa Babilonia. **7** Gayunpaman, makinig
sa mga salita na aking ipapahayag sa inyong pandinig at
sa pandinig ng lahat ng mga tao. **8** Ang mga propeta na
nauna sa akin at sa inyo matagal ng panahon ang lumipas
ay nagpahayag din tungkol sa maraming bansa at laban sa
mga dakilang kaharian, tungkol sa digmaan, tag-gutom at
salot. **9** Kaya ang propetang nagpapahayag na magkakaroon
ng kapayapaan, kung magkakatotoo ang kaniyang sinabi,
kung gayon malalaman na tunay siyang propeta na isinugo
ni Yahweh." **10** Ngunit kinuha ni Ananias na propeta ang
pamatok sa leeg ni Jeremias na propeta at binali ito. **11** At
nagsalita si Ananias sa harap ng lahat ng tao at sinabi, "Ito
ang sinasabi ni Yahweh, Katulad lamang nito, sa loob ng
dalawang taon babaliin ko mula sa leeg ng bawat bansa ang
pamatok na ipinataw ni Nebucadnezar na hari ng Babilonia."
At nagpatuloy sa kaniyang daan si Jeremias na propeta.
**12** Pagkatapos baliin ni Ananias na propeta ang pamatok
mula sa leeg ni Jeremias na propeta, ang salita ni Yahweh
ay dumating kay Jeremias at sinabi, **13** "Pumunta ka at
magsalita kay Ananias at sabihin mo, 'Ito ang sinasabi ni
Yahweh: binali mo ang pamatok na kahoy, ngunit, sa halip
gagawa ako ng pamatok na bakal." **14** Sapagkat si Yahweh
ng mga hukbo, ang Diyos ng Israel, ang nagsasabi nito:
Inilagay ko ang pamatok na bakal sa leeg ng lahat ng mga
bansang ito upang paglingkuran si Nebucadnezar na hari ng
Babilonia at maglilingkod sila sa kaniya. Ibinigay ko rin sa
kaniya ang mababangis na hayop sa mga parang upang
pamunuan." **15** Sumunod na sinabi ni Jeremias na propeta
kay Ananias na propeta, "Makinig ka Ananias! hindi ka
sinugo ni Yahweh, ngunit ikaw mismo ang naging dahilan
upang maniwala sa kasinungalingan ang mga taong ito. **16**
Kaya ito ang sinasabi ni Yahweh: Tingnan mo palalayasin na
kita sa mundong ito. Mamamatay ka sa taon na ito, yamang
ipinahayag mo ang paghihimagsik laban kay Yahweh." **17**
At namatay si Ananias na propeta sa ika-pitong buwan sa
taong iyon.

**29** Ito ang mga salitang nakasulat sa kasulatang
binalumbon na ipinadala ni Jeremias na propeta mula
Jerusalem para sa mga natitirang nakatatanda na kasama
sa mga bihag at sa mga pari, sa mga propeta at sa lahat ng
tao na sapilitang dinala ni Nebucadnezar mula Jerusalem
hanggang Babilonia. **2** Ito ay pagkatapos na palayasin mula
Jerusalem si Jeconias na hari, ang inang reyna, ang mga
matataas na pinuno, ang mga pinuno ng Juda at Jerusalem,
at ang mga manggagawa. **3** Ipinadala niya ang kasulatang
binalumbon sa pamamagitan ng kamay ni Elasa na anak ni
Safan at Gemarias na lalaking anak ni Hilkias na ipinadala ni
Zedekias na hari ng Juda kay Nebucadnezar na hari ng
Babilonia. **4** Ang nakasaad sa kasulatang binalumbon, "Si
Yahweh ng mga hukbo, Diyos ng Israel, ang nagsasabi nito
sa lahat ng mga bihag na ipinadala ko nang sapilitan sa
Babilonia mula Jerusalem, **5** 'Magtayo kayo ng mga bahay
at manirahan sa mga ito. Magtanim kayo at kainin ang mga
bunga nito. **6** kumuha kayo ng mapapangasawang babae
at magsilang ng mga anak na lalaki at babae. At kumuha
kayo ng mga asawang babae para sa inyong mga anak
na lalaki at ibigay ang inyong mga anak na babae sa mga
asawang lalaki. Hayaan ninyong magsilang sila ng mga
anak na lalaki at babae at magparami kayo roon upang sa
gayon, hindi kayo maging napakaunti. **7** Hanapin ninyo ang
kapayapaan ng lungsod kung saan ko kayo ipinadala nang
sapilitan, at mamagitan kayong kasama ko alang-alang dito
sapagkat magkakaroon ng kapayapaan para sa inyo kung
ito ay mapayapa.' **8** Sapagkat si Yahweh ng mga hukbo,
na Diyos ng Israel, ang nagsasabi nito, 'Huwag ninyong
hayaan na linlangin kayo ng inyong mga propeta at inyong
mga manghuhula na nasa inyong kalagitnaan at huwag
kayong makining sa mga panaginip na mayroon kayo. **9**
Sapagkat nagpapahayag sila ng panlilinlang sa inyo sa
aking pangalan. Hindi ko sila ipinadala, ito ang pahayag ni
Yahweh.' **10** Sapagkat ito ang sinasabi ni Yahweh, 'Kapag
pinamunuan kayo ng Babilonia sa loob ng pitumpung taon,
tutulungan ko kayo at ipagpapatuloy ang mabuting salita ko
para sa inyo upang ibalik kayo sa lugar na ito. **11** Sapagkat
ako mismo ang nakakaalam ng mga plano na mayroon

ako para sa inyo, mga plano para sa kapayapaan at hindi
para sa sakuna, upang bigyan kayo ng isang kinabukasan
at pag-asa. Ito ang pahayag ni Yahweh. **12** At tatawag
kayo sa akin, pupunta kayo at mananalangin sa akin, at
pakikinggan ko kayo. **13** Sapagkat hahanapin ninyo ako
at masusumpungan, sapagkat hahanapin ninyo ako nang
buong puso. **14** At matatagpuan ninyo ako at ibabalik ko
ang inyong mga kayamanan. Ito ang pahayag ni Yahweh.
Titipunin ko kayo mula sa lahat ng mga bansa at mga lugar
kung saan ko kayo ikinalat, sapagkat ibabalik ko kayo mula
sa lugar kung saan ko kayo ipinadala nang sapilitan.' Ito ang
pahayag ni Yahweh. **15** Yamang sinabi ninyo na nagtalaga
si Yahweh ng mga propeta para sa amin sa Babilonia **16**
Ito ang sinasabi ni Yahweh sa hari na nakaupo sa trono
ni David at sa lahat ng mga tao na nananatili sa lungsod
na iyon, ang inyong mga kapatid na hindi ninyo kasama
sa inyong pagkabihag. **17** Ito ang sinasabi ni Yahweh ng
mga hukbo, 'Tingnan ninyo, ipadadala ko na ang espada,
taggutom at sakit sa kanila. Sapagkat gagawin ko silang
katulad ng mga bulok na igos na hindi maaaring kainin. **18** At
hahabulin ko sila ng espada, taggutom, at salot at gagawin
silang isang kakila-kilabot sa paningin ng lahat ng kaharian
sa mundo, isang katatakutan, isang bagay tungkol sa mga
sumpa at panunutsot na mga salita, at isang kahihiyan sa
lahat ng mga bansa kung saan ko sila ikinalat. **19** Ito ay
dahil hindi sila nakinig sa aking mga salita na ipinadala ko
sa kanila sa pamamagitan ng aking mga lingkod na propeta,
ito ang pahayag ni Yahweh. Paulit-ulit ko silang isinugo,
ngunit hindi kayo nakinig. Ito ang pahayag ni Yahweh.' **20**
Kaya kayo mismo ang makinig sa salita ni Yahweh, kayong
lahat na ipinatapon at ipinadala niya sa Babilonia mula
Jerusalem. **21** Akong si Yahweh ng mga hukbo, Diyos ng
Israel, ang nagsabi nito tungkol kay Ahab na anak ni Kolaias
at kay Zedekias na anak ni Maasias, na nagpahayag ng
kasinungalingan sa inyo sa aking pangalan: Tingnan ninyo,
ibibigay ko sila sa kamay ni Nebucadnezar na hari ng
Babilonia. Papatayin niya sila sa inyong harapan. **22** At isang
sumpa ang bibigkasin tungkol sa mga taong ito sa lahat
ng mga bihag ng Juda sa Babilonia. Sasabihin sa sumpa:
Gawin nawa kayo ni Yahweh na katulad ni Zedekias at Ahab
na inihaw sa apoy ng hari ng Babilonia. **23** Mangyayari
ito dahil sa mga kahiya-hiyang bagay na ginawa nila sa
Israel nang mangalunya sila sa asawa ng kanilang kapwa
at nagpahayag ng mga salitang kasinungalingan sa aking
pangalan, bagay na hindi ko kailanman iniutos upang sabihin
nila. Sapagkat ako ang siyang nakakaalam, ako ang saksi.
Ito ang pahayag ni Yahweh." **24** Tungkol kay Semaias na
Nehelamita, sabihin mo ito: **25** 'Si Yahweh ng mga hukbo,
Diyos ng Israel, ang nagsasabi nito: Dahil nagpadala ka ng
mga sulat sa iyong sariling pangalan sa lahat ng mga tao sa
Jerusalem, kay Zefanias na anak ni Maasias na pari, at sa
lahat ng mga pari at sinabi, **26** "Ginawa kang pari ni Yahweh
sa halip na si Joiada na pari, upang maging tagapangasiwa
ka ng tahanan ni Yahweh. Ikaw ang namamahala sa lahat
ng mga taong nagmamagaling at ginawang propeta ang
kanilang mga sarili. Kailangan mo silang lagyan ng mga
pangawan at mga tanikala. **27** Kaya ngayon, bakit hindi
mo sinaway si Jeremias ng Anatot, na ginawang propeta
ang kaniyang sarili laban sa iyo? **28** Sapagkat sinugo siya
sa atin sa Babilonia at sinabi, 'Ito ay magiging mahabang
panahon. Magtayo kayo ng mga bahay at manirahan sa mga
ito, magtanim at kainin ang mga bunga nito.''''' **29** Binasa ni
Zefanias na pari ang sulat na ito na naririnig ni Jeremias
na propeta. **30** Kaya dumating ang salita ni Yahweh kay
Jeremias at sinabi, **31** "Magpadala ka ng balita sa lahat ng
mga sapilitang dinala at sabihin, 'Ito ang sinasabi ni Yahweh
tungkol kay Semaias na Nehelamita. Dahil nagpahayag
sa inyo si Semaias nang hindi ako mismo ang nagsugo
sa kaniya, dahil pinangunahan niya kayo upang maniwala
sa mga kasinungalingan, **32** samakatuwid ito ang sinasabi
ni Yahweh. Tingnan ninyo, parurusahan ko si Semaias
na Nehelamita at ang kaniyang mga kaapu-apuhan. Hindi
magkakaroon ng isang tao para sa kaniya upang manatili sa
gitna ng mga taong ito. Hindi niya makikita ang kabutihang
gagawin ko para sa aking mga tao, sapagkat ipinahayag
niya ang kawalan ng pananampalataya laban sa akin, si
Yahweh." Ito ang pahayag ni Yahweh.

**30** Ito ang salita na dumating kay Jeremias mula kay
Yahweh at sinabi, **2** "Ito ang sinasabi ni Yahweh, ang
Diyos ng Israel, 'Isulat mo mismo sa kasulatang binalumbon
ang lahat ng salita na ipinahayag ko sa iyo sa kasulatang
binalonbon. **3** Sapagkat tingnan mo, parating na ang mga
araw—Ito ang pahayag ni Yahweh—kapag pinanumbalik
ko ang mga kayamanan ng aking mga tao, ang Israel at
Juda. Akong si Yahweh ang nagsabi nito. Sapagkat ibabalik
ko sila sa lupain na ibinigay ko sa kanilang mga ninuno at
aariin nila ito.'" **4** Ito ang mga salita na ipinahayag ni Yahweh
tungkol sa Israel at Juda, **5** "Sapagkat ito ang sinasabi ni
Yahweh, ' Naririnig namin ang isang nanginginig na tinig
ng pangamba at hindi ng kapayapaan. **6** Magtanong at
tingnan, kung magsisilang ng isang sanggol ang isang lalaki.
Bakit nakikita ko ang bawat batang lalaki na nasa kanilang
puson ang kanilang mga kamay? Gaya ng isang babaeng
nagsisilang ng isang sanggol, bakit namumutla ang lahat ng
kanilang mga mukha? **7** Aba! Sapagkat magiging dakila at
walang katulad ang araw na ito. Ito ay magiging panahon ng
pagkabalisa para kay Jacob, ngunit maliligtas siya mula rito.
**8** Ito ang pahayag ni Yahweh, ang pinuno ng mga hukbo.

Sapagkat sa araw na iyon, babaliin ko ang pamatok sa
inyong leeg at sisirain ko ang inyong mga tanikala, upang
hindi na kayo alipinin ng mga dayuhan kailanman. 9 Ngunit
sasamba sila kay Yahweh na kanilang Diyos at maglilingkod
kay David na kanilang hari na siyang gagawin kong hari
na mamumuno sa kanila. 10 Kaya ikaw Jacob na aking
lingkod, huwag kang matakot at huwag kang panghinaan ng
loob, Israel. Ito ang pahayag ni Yahweh. Sapagkat tingnan
ninyo, ibabalik ko na kayo sa malayo at ang inyong mga
kaapu-apuhan sa lupain ng pagkabihag. Babalik si Jacob
at magiging mapayapa at magiging ligtas siya at wala ng
katatakutan kailanman 11 Sapagkat ako ay nasa inyo upang
iligtas ka—ito ang pahayag ni Yahweh. At magdadala ako ng
isang ganap na katapusan sa lahat ng bansa kung saan ko
kayo ikinalat. Ngunit tinitiyak ko na hindi ako maglalagay ng
katapusan sa inyo, bagaman didisiplinahin ko kayo na may
katarungan at tinitiyak kong hindi ko kayo iiwan na hindi
naparusahan.' 12 Sapagkat ito ang sinasabi ni Yahweh,
'Ang iyong pinsala ay hindi na magagamot at ang iyong
mga sugat ay naimpeksiyon na. 13 Walang sinuman ang
nakiusap tungkol sa iyong kalagayan; wala ng lunas ang
iyong sugat para ikaw ay pagalingin. 14 Kinalimutan ka na
ng lahat ng iyong mga mangingibig. Hindi ka nila hahanapin
sapagkat sinugatan kita kagaya ng sugat ng isang kalaban
at pagdidisiplina ng isang malupit na panginoon dahil sa
iyong napakaraming kasamaan at mga hindi mabilang mong
mga kasalanan. 15 Bakit ka humihingi ng tulong para iyong
pinsala? Hindi na magagamot ang iyong sakit. Dahil sa
napakarami mong kasamaan at hindi mabilang mong mga
kasalanan, ginawa ko ang mga bagay na ito sa iyo. 16
Kaya ang lahat ng umubos sa iyo ay mauubos at ang lahat
ng iyong mga kaaway ay mabibihag. Sapagkat sa mga
nagnakaw sa iyo ay mananakawan at sasamsamin ang
lahat ng sumamsam sa iyo. 17 Sapagkat magdadala ako ng
kagalingan sa iyo, pagagalingin ko ang iyong mga sugat, ito
ang pahayag ni Yahweh. Gagawin ko ito dahil tinawag ka
nilang: Itinakwil. Walang nagmamalasakit sa Zion na ito."' 18
Ito ang sinasabi ni Yahweh, "Tingnan mo, ibinabalik ko na
ang mga kasaganaan sa mga tolda ni Jacob at magkakaroon
ng pagkahabag sa kaniyang mga tahanan. At itatayo ang
lungsod sa bunton ng mga pagkawasak at magkakaroon
ng isang matibay na tanggulan na muling magagamit. 19
At ang isang awit ng papuri at isang tunog ng kasiyahan
ay lalabas mula sa kanila, sapagkat pararamihin ko sila
at hindi babawasan; Pararangalan ko sila upang hindi sila
hamakin. 20 At magiging tulad ng dati ang kanilang mga
tao at itatatag ang kanilang kalipunan sa aking harapan
kapag pinarusahan ko ang lahat ng mga nagpapahirap sa
kanila ngayon. 21 Manggagaling mula sa kanila ang kanilang
pinuno. Lilitaw siya mula sa kanilang kalagitnaan kapag
palalapitin ko siya at kapag lumapit siya sa akin. Kung hindi
ko ito gagawin, sino pa ang maglalakas-loob na lumapit sa
akin? Ito ang pahayag ni Yahweh. 22 At kayo ay magiging
aking mga tao at ako ang magiging Diyos ninyo. 23 Tingnan
ninyo, ang silakbo ng matinding galit ni Yahweh ay lumabas
na. Ito ay silakbong nagpapatuloy. Iikot ito sa ulo ng mga
masasamang tao. 24 Ang matinding poot ni Yahweh ay hindi
babalik hanggang hindi natutupad ito at naisasakatuparan
ang ninanais ng kaniyang puso. Maiintindihan mo ito sa mga
huling araw.

**31** "Sa panahong iyon—ito ang pahayag ni Yahweh— Ako
ang magiging Diyos ng lahat ng mga angkan ng Israel
at sila ay magiging mga tao ko." 2 Ito ang sinasabi ni Yahweh,
"Ang mga tao na nakaligtas sa dumating na pagpatay sa
Israel sa pamamagitan ng espada ay nakasumpong ng
biyaya sa ilang." 3 Nagpakita sa akin si Yahweh noong
nakaraan at sinabi, "Minahal kita Israel, ng walang hanggang
pagmamahal. Kaya inilapit kita sa aking sarili na may matapat
na kasunduan. 4 Itatayo kitang muli, upang sa gayon ikaw ay
makatatayo, birheng Israel. Maaari mong damputin muli ang
iyong mga tamburin at lumabas nang may mga masasayang
sayaw. 5 Muli kayong makapagtatanim ng mga ubasan sa
kabundukan ng Samaria; magtatanim ang mga magsasaka
at gagamitin ang mga bunga sa mabuti. 6 Sapagkat darating
ang araw kapag ipinahayag ng taga-bantay sa kabundukan
ng Efraim, 'Tumindig kayo at pumunta tayo sa Sion kay
Yahweh na ating Diyos.'" 7 Sapagkat ito ang sinasabi ni
Yahweh, "Sumigaw sa galak para kay Jacob! Sumigaw
ng may kagalakan para sa pinuno ng mga tao sa mga
bansa! Hayaang marinig ang papuri. Sabihing, 'Iniligtas ni
Yahweh ang kaniyang mga tao, ang natitira ng Israel.' 8
Tingnan mo, dadalhin ko na sila sa hilagang mga lupain.
Titipunin ko sila sa mga pinakamalayong dako ng mundo.
Kasama nila ang mga bulag at pilay, ang mga nagdadalang
tao at ang mga malapit nang manganak ay kasama nila.
Isang malaking kapulungan ang babalik dito. 9 Darating
sila na umiiyak, pangungunahan ko sila habang sila ay
nagsusumamo. Paglalakbayin ko sila sa mga batis ng tubig
sa isang tuwid na daan. Hindi sila madadapa dito, sapagkat
ako ang magiging isang ama ng Israel at ang Efraim ang
magiging una kong anak." 10 "Dinggin ninyo mga bansa ang
salita ni Yahweh. Ibalita sa mga baybayin na nasa kalayuan.
Kayong mga bansa, dapat ninyong sabihin, "Ang nagkalat
sa Israel ang nagtitipon at nag-iingat sa kaniya kagaya ng
pag-iingat ng isang pastol sa kaniyang tupa" 11 Sapagkat
tinubos ni Yahweh si Jacob at iniligtas siya sa kamay ng
napakalakas para sa kaniya. 12 Pagkatapos, darating sila
sa taas ng Sion na may galak. Magagalak sila dahil sa

kabutihan ni Yahweh, dahil sa mais at sa bagong alak, sa
langis at sa anak ng mga kawan at mga inahin. Sapagkat
ang kanilang pamumuhay ay magiging katulad ng isang
dinidiligang hardin at hindi na sila muling makakaramdam ng
anumang kalungkutan **13** At sasayaw nang may galak ang
mga birhen at mga binata at mga matatandang kalalakihan.
Sapagkat papalitan ko ang kanilang pagdadalamhati ng
pagdiriwang. Kahahabagan ko sila at magagalak sa halip na
nagluluksa. **14** Pagkatapos, pananatilihin ko na sagana ang
pamumuhay ng mga pari. Mapupuno ang aking mga tao ng
aking kabutihan. Ito ang pahayag ni Yahweh." **15** Ito ang
sinasabi ni Yahweh, "Isang tinig ang narinig sa Rama na
nananaghoy at mapait na nagluluksa. Ito ay si Raquel na
umiiyak para sa kaniyang mga anak. Tumanggi siyang paaliw
sa kanila, sapagkat sila ay patay na." **16** Ito ang sinasabi ni
Yahweh, "Pigilin mo ang iyong tinig sa pagluluksa at ang
iyong mga mata sa pagluha, dahil mayroong kabayaran para
sa iyong paghihirap. Ito ang pahayag ni Yahweh babalik ang
iyong mga anak mula sa lupain ng kalaban. **17** Mayroong
pag-asa sa iyong hinaharap, ito ang pahayag ni Yahweh,
babalik ang iyong mga kaapu-apuhan sa loob ng kanilang
mga hangganan." **18** Tiyak na narinig kong nagdadalamhati
ang Efraim, 'Pinarusahan mo ako at ako ay naparusahan.
Ibalik mo ako kagaya ng baka na hindi pa naturuan at ako
ay babalik, sapagkat ikaw si Yahweh na aking Diyos. **19**
Sapagkat matapos akong tumalikod sa iyo, ako ay nagsisisi;
matapos akong maturuan, pinaghahampas ko ang aking
hita dahil sa kalungkutan. Ako ay nahihiya at napahiya
sapagkat dala-dala ko ang pag-uusig sa aking kabataan. **20**
Hindi ba si Efraim ang mahal kong anak? Hindi ba siya ang
minamahal at kinalulugdan kong anak? Sapagkat sa tuwing
magsasalita ako laban sa kaniya, tinitiyak kong inaalala ko
pa rin siya sa aking mapagmahal na isipan. Sa ganitong
paraan nananabik ang puso ko sa kaniya. Tinitiyak kong
kahahabagan ko siya. Ito ang pahayag ni Yahweh." **21**
Maglagay ka ng mga palatandaan sa daan para sa iyong
sarili. Magtayo ka ng mga posteng-patnubay para sa iyong
sarili. Ituon mo ang iyong isipan sa tamang landas, ang
daan na dapat mong tahakin. Bumalik kayo, birheng Israel!
Bumalik kayo sa mga lungsod na ito na pagmamay-ari ninyo.
**22** Gaano katagal mong ipagpapatuloy ang pag-aalinlangan
anak kong walang pananampalataya? Sapagkat lumikha si
Yahweh ng isang bagay na bago sa mundo: nakapalibot ang
mga babae sa mga malalakas na lalaki upang protektahan
sila. **23** Si Yahweh ng mga hukbo, ang Diyos ng Israel ang
nagsabi nito, "Kapag ibinalik ko na ang aking mga tao sa
kanilang lupain, sasabihin nila ito sa lupain ng Juda at sa
kaniyang mga lungsod, 'Pagpalain ka nawa ni Yahweh,
ikaw na matuwid na lugar kung saan siya nananahan, ikaw
na banal na bundok. **24** Sapagkat ang Juda at ang lahat
ng kaniyang mga lungsod ay sama-samang maninirahan
sa kaniya. Naroon ang mga magsasaka at mga pastol
kasama ang kanilang mga kawan. **25** Sapagkat bibigyan
ko ng tubig na maiinom ang mga napapagod at papawiin
ko ang pagdurusa ng bawat isa mula sa pagkakauhaw."
**26** Pagkatapos nito, nagising ako at napagtanto ko na ang
pagtulog ko ay naging kaginha-ginhawa. **27** mo, ang mga
araw ay dumarating, Ito ang pahayag ni Yahweh, kapag
hahasikan ko ang mga tahanan ng Israel at Juda kasama
ang mga kaapu-apuhan ng tao at hayop. **28** Sa nakalipas,
pinasubaybayan ko sila upang bunutin sila at upang sirain,
pabagsakin, wasakin at magdala ng pinsala sa kanila. Ngunit
sa darating na mga araw, babantayan ko sila upang itayo
sila at upang itanim sila. Ito ang pahayag ni Yahweh. **29** Sa
mga araw na iyon, wala nang magsasabi na, 'Kumain ang
mga ama ng mga maaasim na ubas, ngunit mapurol ang
mga ngipin ng mga bata.' **30** Sapagkat mamamatay ang
bawat tao sa kaniyang sariling kasalanan. Magiging mapurol
ang mga ngipin ng sinumang kumain ng mga maaasim na
ubas. **31** Tingnan mo, paparating na ang mga araw. Ito ang
pahayag ni Yahweh. Kapag magtatatag ako ng isang bagong
kasunduan sa sambahayan ng Israel at sa sambahayan ng
Juda. **32** Hindi na ito kagaya ng kasunduan na itinatag ko
sa kanilang mga ama sa mga panahong kinuha ko sila sa
kanilang mga kamay upang ilabas mula sa lupain ng Egipto.
Iyon ang mga araw na nilabag nila ang aking kasunduan,
bagaman, ako ay isang asawang lalaki para sa kanila. Ito
ang pahayag ni Yahweh. **33** Ngunit ito ang kasunduan na
aking itatatag sa sambahayan ng Israel pagkatapos ng
mga araw na ito. Ito ang pahayag ni Yahweh. Ilalagay ko
ang aking kautusan sa kanilang kalooban at isusulat ito sa
kanilang puso, sapagkat ako ang kanilang magiging Diyos
at sila ay magiging aking mga tao. **34** At hindi na tuturuan
ng bawat tao ang kaniyang kapwa o tuturuan ng isang
tao ang kaniyang kapatid at sabihin, "Kilalanin si Yahweh!'
Sapagkat lahat sila mula sa pinakamababa hanggang sa
pinakadakila sa kanila ay makikilala ako. Ito ang pahayag
ni Yahweh. Sapagkat patatawarin ko ang kanilang mga
kasalanan at hindi na aalalahanin pa ang kanilang mga
kasalanan." **35** Ito ang sinasabi ni Yahweh. Si Yahweh
ang nagdudulot sa araw upang magliwanag sa umaga at
umaayos sa buwan at sa mga bituin upang magliwanag
sa gabi. Siya ang nagpapagalaw ng dagat upang ang alon
nito ay dadagundong. Yahweh, ng mga hukbo ang kaniyang
pangalan. Ito ang sinasabi niya, **36** "Kung kusang mawawala
ang mga permanenteng bagay na ito sa aking paningin
—Ito ang pahayag ni Yahweh—hindi titigil ang mga kaapu-
apuhan ng Israel sa pagiging isang bansa sa harapan ko."

37 Ito ang sinasabi ni Yahweh, “Kung ang pinakamataas na
kalangitan ay masusukat, at kung malalaman ang pundasyon
ng mundo, tatanggihan ko ang lahat ng mga kaapu-apuhan
ng Israel dahil sa lahat ng kanilang mga ginawang iyon.
Ito ang pahayag ni Yahweh.” 38 Tingnan mo, paparating
na ang mga araw—kapag muling itatayo ang lungsod para
sa akin, mula sa Tore ng Hananel hanggang sa Sulok ng
Tarangkahan. Ito ang pahayag ni Yahweh. 39 At ang linyang
panukat ay muling pupunta sa malalayo, sa burol ng Gareb
at sa palibot ng Goah. 40 Ang buong lambak ng libingan
at mga abo at ang lahat ng mga parang sa Kapatagan ng
Kidron hanggang sa sulok ng Tarangkahan ng Kabayo sa
silangan ay ilalaan para sa akin, kay Yahweh. Hindi na ito
kayang hugutin o kaya patumbahing muli.

**32** Ito ang salitang dumating kay Jeremias mula kay
Yahweh sa ikasampung taon ni Zedekias na hari ng
Juda, sa ikalabing-walong taon ni Nebucadnezar. 2 Sa
panahong iyon, sinasalakay ng hukbo ng hari ng Babilonia
ang Jerusalem, at si Jeremias na propeta ay nakakulong sa
patyo ng bantay sa tahanan ng hari ng Juda. 3 Ikinulong
siya ni Zedekias na hari ng Juda at sinabi, “Bakit ka
nagpapahayag at sinasabi, ito ang sinasabi ni Yahweh:
Tingnan mo, ibibigay ko ang lungsod na ito sa kamay ng hari
ng Babilonia at sasakupin niya ito. 4 Hindi makatatakas si
Zedekias na hari ng Juda sa kamay ng mga Caldeo, sapagkat
tunay ngang ipinasakamay siya sa hari ng Babilonia. Ang
bibig niya ay makikipag-usap sa bibig ng hari, at makikita
ng kaniyang mga mata ang mga mata ng hari. 5 Sapagkat
pupunta si Zedekias sa Babilonia at mananatili siya roon
hanggang sa may gawin ako sa kaniya, ito ang pahayag
ni Yahweh, sapagkat nilabanan ninyo ang mga Caldeo.
Hindi kayo magiging matagumpay.” 6 Sinabi ni Jeremias,
“Ang salita ni Yahweh ay dumating sa akin at sinabi, 7
'Tingnan mo, pupunta sa iyo si Hanamel ang lalaking anak
ng iyong tiyuhin na si Salum at sasabihin, “Bilhin mo ang
aking bukid na nasa Anatot para sa iyong sarili, sapagkat
nasa iyo ang karapatang bilhin ito.”' 8 At gaya ng ipinahayag
ni Yahweh, pumunta sa akin si Hanamel na lalaking anak
ng aking tiyuhin sa patyo ng mga bantay, at sinabi sa akin,
'Bilhin mo ang aking bukid na nasa Anatot sa lupain ng
Benjamin, sapagkat nasa iyo ang karapatan sa mana, at
nasa iyo ang karapatang bilhin ito. Bilhin mo ito para sa
iyong sarili.' At alam ko na salita ito ni Yahweh. 9 Kaya
binili ko ang bukid na nasa Anatot mula kay Hanamel, ang
lalaking anak ng aking tiyuhin, at tinimbang ko ang pilak
para sa kaniya, labing-pitong siklo. 10 At sumulat ako sa
isang kasulatang binalumbon at sinelyuhan ko ito, at may
mga saksing nakasaksi nito. At tinimbang ko ang pilak sa
timbangan. 11 Pagkatapos, kinuha ko ang katibayan ng
pagkabili na naselyuhan, bilang pagsunod sa utos at sa
mga kautusan, gayon din ang hindi naselyuhang katibayan.
12 Ibinigay ko ang selyadong kasulatang nakabalumbon
kay Baruc na lalaking anak ni Nerias na anak naman ni
Maaseias sa harapan ni Hanamel, ang lalaking anak ng
aking tiyuhin, at ng mga saksing nakasulat sa selyadong
kasulatang binalumbon, at sa harapan ng lahat ng taga-
Juda na nakaupo sa patyo ng bantay. 13 Kaya nagbigay
ako ng isang utos kay Baruc sa harap nila. Sinabi ko, 14
'Ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo, ang Diyos
ng Israel: Kunin mo ang mga kasulatang binalumbon na
ito kasama ang resibo ng pagbili na naselyuhan at itong
hindi naselyuhan na kasulatang binalumbon. Ilagay mo
ang mga ito sa bagong lalagyan upang tumagal ang mga
ito sa mahabang panahon. 15 Sapagkat ito ang sinasabi
ni Yahweh ng mga hukbo, ang Diyos ng Israel: Ang mga
tahanan, mga bukirin, at mga ubasan ay muling bibilhin sa
lupaing ito.' 16 Pagkatapos kong ibigay ang resibo ng pagbili
kay Baruc na lalaking anak ni Nerias, nanalangin ako kay
Yahweh at sinabi, 17 'Oh, Panginoong Yahweh! Tingnan
mo! Ikaw lamang ang lumikha sa kalangitan at sa lupa sa
pamamagitan ng iyong dakilang lakas at sa pamamagitan ng
iyong nakataas na braso. Wala kang sinabi na napakahirap
para sa iyo na gawin. 18 Nagpakita ka ng tipan ng katapatan
sa libu-libo at ibinuhos mo ang kasamaan ng mga tao sa
mga kandungan ng kanilang magiging mga anak. Ikaw ang
dakila at makapangyarihang Diyos, Yahweh ng mga hukbo
ang iyong pangalan. 19 Ikaw ay dakila sa karunungan at
makapangyarihan sa mga gawa, sapagkat bukas ang iyong
mga mata sa lahat ng ginagawa ng mga tao, upang ibigay
sa bawat tao kung ano ang nararapat sa kaniyang pag-
uugali at mga gawa. 20 Gumawa ka ng mga tanda at mga
kababalaghan sa lupain ng Egipto. Maging sa kasalukuyang
panahon dito sa Israel at sa lahat ng sangkatauhan, ginawa
mong tanyag ang iyong pangalan. 21 Sapagkat inilabas mo
ang iyong mga Israelita sa lupain ng Egipto sa pamamagitan
ng mga tanda at mga kamangha-mangha, sa isang malakas
na kamay, isang nakataas na braso, at nang may matinding
takot. 22 At ibinigay mo sa kanila ang lupaing ito, na iyong
ipinangako sa kanilang mga ninuno na ibibigay sa kanila,
isang lupaing umaapaw sa gatas at pulot-pukyutan. 23 Kaya
pumasok sila at inangkin ito. Ngunit hindi nila sinunod ang
iyong tinig o namuhay sa pagsunod sa iyong kautusan. Wala
silang ginawa sa mga iniutos mo na kanilang gagawin, kaya
dinala mo sa kanila ang lahat ng sakunang ito. 24 Tingnan
mo! Ang mga bunton ng paglusob ay nakaabot sa lungsod
upang sakupin ito. Sapagkat dahil sa espada, taggutom
at salot, ang lungsod ay naipasakamay sa mga Caldeo
na siyang na nakikipaglaban dito. Sapagkat nangyayari na

ang sinabi mong mangyayari, at tingnan mo, pinanonood
mo. 25 At ikaw mismo ang nagsabi sa akin, “Bumili ka ng
isang bukid para sa iyong sarili sa pamamagitan ng pilak
at tumawag ng mga saksi upang saksihan ito, bagaman
ibinigay ang lungsod na ito sa mga Caldeo.”” 26 Ito ang salita
ni Yahweh na dumating kay Jeremias at sinabi, 27 “Tingnan
mo! Ako si Yahweh, ang Diyos ng sangkatauhan. Mayroon
bang bagay na napakahirap gawin para sa akin? 28 Kaya ito
ang sinasabi ni Yahweh, 'Tingnan, ibibigay ko ang lungsod
na ito sa kamay ng mga Caldeo at kay Nebucadnezar, ang
hari ng Babilonia. Sasakupin niya ito. 29 Darating ang mga
Caldeo na nakikipaglaban sa lungsod na ito at susunugin
ang lungsod na ito, kasama ang mga bahay kung saan ang
mga bubungan ay pinagsambahan ng mga tao kay Baal at
pinagbuhusan ng mga inuming handog sa ibang diyos upang
galitin ako. 30 Sapagkat tiyak na ang mga Israelita at ang
mga taga-Juda ay mga tao na gumagawa ng kasamaan sa
harap ng aking mga mata mula pa sa kanilang pagkabata.
Ang mga Israelita ay talagang sinaktan ako sa pamamagitan
ng mga gawa ng kanilang mga kamay. Ito ang pahayag ni
Yahweh. 31 sapagkat ang lungsod na ito ang nagpaalab ng
aking poot at matinding galit mula noong araw na itinayo nila
ito. Ganito pa rin hanggang sa kasalukuyan. Kaya aalisin ko
ito mula sa aking harapan 32 dahil sa lahat ng kasamaan
ng mga tao sa Israel at Juda, ang mga bagay na kanilang
ginawa upang galitin ako... sila, ang kanilang mga hari, mga
prinsipe, mga pari, mga propeta, at bawat tao sa Juda at
mga naninirahan sa Jerusalem. 33 Tinalikuran nila ako, sa
halip na harapin, kahit pa masigasig ko silang tinuruan.
Sinubukan kong turuan sila, ngunit wala ni isa sa kanila ang
nakinig upang tumanggap ng pagtutuwid. 34 At inilagay nila
ang kanilang mga kasuklam-suklam na bagay sa tahanan
upang dumihan ito, sa tahanan kung saan tinawag ang
aking pangalan. 35 Pagkatapos, nagtayo sila ng dambana
para kay Baal sa lambak ng Ben Hinom upang ialay ang
kanilang mga anak na lalaki at babae kay Molec, isang
bagay na hindi ko iniutos na gawin nila, isang bagay na hindi
kailanman sumagi sa aking puso't isipan. Itong kasuklam-
suklam na bagay para gawin nila upang magkasala ang
Juda.' 36 At kaya ngayon, akong si Yahweh, ang Diyos
ng Israel ang nagsasabi nito tungkol sa lungsod na ito,
ang lungsod na sinasabi ninyong, 'Naipasakamay na ito sa
hari ng Babilonia sa pamamagitan ng espada, taggutom,
at salot.' 37 Tingnan mo, malapit ko na silang tipunin sa
bawat lupain kung saan itinaboy ko sila sa aking galit, poot,
at matinding galit. Malapit ko na silang ibalik sa lugar na ito
at mamumuhay sila nang matiwasay. 38 At sila ay magiging
aking mga tao, at ako ay magiging Diyos nila. 39 Bibigyan
ko sila ng isang puso at isang paraan upang parangalan ako
sa bawat araw kaya magiging mabuti ito para sa kanila at sa
magiging mga kaapu-apuhan nila. 40 At magtatatag ako ng
isang panghabang panahon na kasunduan sa kanila kaya
hindi ko na sila tatalikuran. Gagawin ko ito upang magdala
ng kabutihan sa kanila at maglagay sa kanilang mga puso
ng parangal para sa akin. Kaya hindi na sila tatalikod sa
pagsunod sa akin. 41 At magagalak ako sa paggawa ng
kabutihan sa kanila. Matapat ko silang patitirahin sa lupaing
ito nang buong puso at buong buhay ko. 42 Sapagkat ito
ang sinasabi ni Yahweh, 'Tulad ng pagdala ko sa lahat
ng matitinding sakunang ito sa mga taong ito, gayon din,
dadalhin ko sa kanila ang lahat ng mabubuting bagay na
sinabi kong gagawin ko para sa kanila. 43 At bibilhin ang mga
bukirin sa lupaing ito, na inyong sinasabi, “Ito ay nawasak na
lupain, na walang tao o hayop. Naipasakamay na ito sa mga
Caldeo.” 44 Bibili sila ng mga bukirin sa pamamagitan ng
pilak at isusulat sa mga selyadong kasulatang binalumbon.
Titipunin nila ang mga saksi sa lupain ni Benjamin, sa palibot
ng buong Jerusalem at sa mga lungsod ng Juda, sa mga
lungsod sa maburol na bansa at sa mga mababang lugar,
at sa mga lungsod ng Negeb. Sapagkat ibabalik ko ang
kanilang kayamanan. Ito ang pahayag ni Yahweh.”'

**33** At ang salita ni Yahweh ay dumating kay Jeremias
sa ikalawang pagkakataon, habang nakakulong siya
sa loob ng patyo ng bantay, at kaniyang sinabi, 2 “Ito
ang sinasabi ni Yahweh na manlilikha, Si Yahweh na
umaanyo upang magtatag, Yahweh ang kaniyang pangalan,
3 'Tumawag ka sa akin at sasagutin kita. Magpapakita ako
ng dakilang mga bagay sa iyo, mga hiwaga na hindi mo
nauunawaan.' 4 Sapagkat ito ang sinasabi ni Yahweh, ang
Diyos ng Israel tungkol sa mga tahanan sa lungsod na ito
at sa mga tahanan ng mga hari ng Juda na nagiba dahil
sa mga bunton ng paglusob at sa espada, 5 'Parating na
ang mga Caldeo upang makipaglaban at upang punuin
ang mga tahanan ng mga bangkay ng mga tao na aking
papatayin sa aking galit at poot, kapag ikukubli ko ang
aking mukha mula sa lungsod na ito dahil sa lahat na
kasamaan nila. 6 Ngunit tingnan mo, magdadala ako ng
kagalingan at isang lunas, sapagkat pagagalingin ko sila at
magdadala ako sa kanila ng kasaganaan, kapayapaan at
katapatan. 7 Sapagkat ibabalik ko ang mga kayamanan ng
Juda at Israel. Itatayo ko silang muli gaya noong simula.
8 At lilinisin ko sila mula sa lahat ng kasamaang kanilang
ginawa laban sa akin. Patatawarin ko ang lahat ng kanilang
mga kasamaang kanilang nagawa laban sa akin, at ang
lahat ng kanilang paghihimagsik laban sa akin. 9 Sapagkat
ang lungsod na ito ay magiging kagalakan sa akin, isang
awit ng papuri at karangalan para sa lahat ng bansa sa
daigdig na makaririnig ng lahat ng mabubuting bagay na

aking gagawin para dito. At manginginig sila dahil sa lahat
ng mabubuting bagay at sa kapayapaang aking ibibigay
dito.' 10 Ito ang sinasabi ni Yahweh, 'Sa lugar na ito na
inyong sinasabi ngayon, “Ito ay napabayaan. Walang tao ni
hayop sa mga lungsod ng Juda at walang naninirahan sa
mga lansangan ng Jerusalem, tao man o hayop.” 11 Muling
makaririnig dito ng mga ingay ng kagalakan at pagdiriwang,
mga ingay ng mga lalaki at mga babaeng ikakasal, mga
ingay ng mga taong nagsasabi, “Magpasalamat kay Yahweh
ng mga hukbo, sapagkat siya ay mabuti at ang kaniyang
tipan ng katapatan ay walang hanggan.” Magdala ng handog
ng pasasalamat sa aking tahanan, sapagkat panunumbalikin
ko ang kayamanan ng lupain gaya noong simula,' sabi ni
Yahweh. 12 Ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo, 'Sa
napabayaang lugar na ito, na ngayon ay mayroon nang tao
at hayop, magkakaroon muli ng pastulan sa lahat ng lungsod
nito para sa mga pastol na umaakay sa kanilang mga kawan
upang mamahinga. 13 Sa mga lungsod sa maburol na lugar,
sa mga kapatagan, at sa Negeb, sa lupain ng Benjamin
at sa buong paligid ng Jerusalem, at sa mga lungsod ng
Juda, daraan muli ang mga kawan sa ilalim ng mga kamay
ng bibilang sa kanila,' sabi ni Yahweh. 14 Tingnan mo!
Dumarating ang mga araw, ito ang pahayag ni Yahweh, na
gagawin ko ang aking ipinangako sa sambahayan ng Israel
at sa sambahayan ng Juda. 15 Sa mga araw na iyon at sa
panahong iyon, gagawa ako ng isang matuwid na sanga na
magmumula sa lahi ni David, at kaniyang ipatutupad ang
katarungan at katuwiran sa lupain. 16 Sa mga araw na iyon,
maliligtas ang Juda, at mamumuhay nang matiwasay ang
Jerusalem, sapagkat ito ang itatawag sa kaniya, “Si Yahweh
ay ang ating katuwiran.'” 17 Sapagkat ganito ang sinasabi ni
Yahweh, 'Ang isang lalaki na magmumula sa lahi ni David ay
hindi kailanman kukulangin na uupo sa trono sa tahanan ng
Israel 18 ni ang isang lalaki mula sa mga Levitang pari ay
magkukulang sa aking harapan na magtaas ng mga sinunog
na handog, upang maghandog ng mga pagkaing susunugin,
at upang maghandog ng mga butil sa lahat ng panahon.'” 19
Dumating ang salita ni Yahweh kay Jeremias at sinabi, “ 20
Ito ang sinasabi ni Yahweh, 'Kung magagawa ninyong sirain
ang aking tipan sa araw at sa gabi nang sa gayon wala nang
araw at gabi sa kanilang tamang panahon, 21 kung gayon
ay magagawa rin ninyong sirain ang aking tipan kay David
na aking lingkod, nang sa gayon hindi na siya magkakaroon
ng isang anak na lalaking uupo sa kaniyang trono, at ang
aking tipan sa mga paring Levita, na aking mga lingkod.
22 Gaya ng mga hukbo ng langit na hindi mabilang, at ng
mga buhangin sa dalampasigan na hindi masukat, tulad nito
ang pagpaparami ko sa mga kaapu-apuhan ni David na
aking lingkod at ang mga Levita na naglilingkod sa akin.”
23 Dumating ang salita ni Yahweh kay Jeremias at sinabi,
24 “Hindi mo ba isinaalang-alang ang ipinahayag ng mga
taong ito nang sabihin nila, 'Ang dalawang angkan na pinili
ni Yahweh, ngayon sila ay tinanggihan niya? Sa paraang ito,
hinamak nila ang aking mga tao, sinasabi na hindi na sila
isang bansa sa kanilang paningin. 25 Akong si Yahweh ang
nagsabi nito, 'Kung wala na ang aking tipan para sa araw at
gabi, o hindi ko pinanatili ang kaayusan ng langit at lupa, 26
at kung gayon, hindi ko tatanggapin ang mga kaapu-apuhan
ni Jacob at David na aking lingkod, at hindi ako magdadala
sa kanila ng isang taong mamumuno sa lahat ng kaapu-
apuhan ni Abraham, Isaac, at Jacob. Sapagkat ibabalik ko
ang kanilang kayamanan at magiging mahabagin ako sa
kanila.”

**34** Ito ang salitang dumating kay Jeremias mula
kay Yahweh. Dumating ang salitang ito nang si
Nebucadnezar na hari ng Babilonia at ang lahat ng kaniyang
hukbo, kasama ang lahat ng mga kaharian sa lupa, ang
mga lupain sa ilalim ng kaniyang kapangyarihan at lahat ng
kanilang mga tao ay nakikipagdigma sa Jerusalem at sa lahat
ng kaniyang mga lungsod. Sinabi ng salitang ito, 2 'Sinasabi
ito ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: Pumunta ka at magsalita
kay Zedekias na hari ng Juda at sabihin mo sa kaniya, “Ito
ang sinasabi ni Yahweh: Tingnan mo, aking ibibigay ang
lungsod na ito sa kamay ng hari ng Babilonia. Susunugin
niya ito. 3 Hindi ka makakatakas mula sa kaniyang kamay,
sapagkat tiyak na masasakop at mapapasakamay ka niya.
Titingin ang iyong mga mata sa mata ng hari ng Babilonia,
kakausapin ka niya ng harap-harapan sa pagpunta mo sa
Babilonia.' 4 Makinig ka sa salita ni Yahweh, Zedekias na
hari ng Juda! Sinasabi ito ni Yahweh tungkol sa iyo, 'Hindi ka
mamatay sa pamamagitan ng espada. 5 Mamatay ka sa
kapayapaan. Gaya ng pagsusunog sa paglilibing sa iyong
mga ninuno, na mga haring nauna sa iyo, susunugin nila
ang iyong katawan. Sasabihin nila, “Aba sa iyo, panginoon!”
Tatangis sila para sa iyo. Ngayon, nagsalita ako—ito ang
pahayag ni Yahweh.” 6 Kaya ipinahayag ng propetang
si Jeremias kay Zedekias na hari ng Juda ang lahat ng
salitang ito sa Jerusalem. 7 Nakipagdigma ang hukbo ng
hari ng Babilonia laban sa Jerusalem at lahat ng natitirang
mga lungsod ng Juda: ang Laquis at Azeka. Ang mga
lungsod na ito ng Juda ay nanatili bilang matatag na mga
lungsod. 8 Ito ang salitang dumating kay Jeremias mula
kay Yahweh pagkatapos na itinatag ni Haring Zedekias
ang isang kasunduan sa lahat ng tao sa Jerusalem upang
ipahayag ang kalayaan: 9 Dapat palayain ng bawat tao ang
kaniyang aliping Israelita, lalaki at babae. Walang sinuman
ang dapat mang-alipin sa kapwa Israelita sa Juda kailanman.
10 Kaya sumunod ang lahat ng mga pinuno at mga tao na

sumali sa kasunduan. Palalayain ng bawat tao ang kaniyang
aliping lalaki at babae at hindi na sila aalipinin kailanman.
Pinakinggan nila at pinalaya sila. 11 Ngunit pagkatapos
nito, nagbago ang kanilang mga isip. Pinabalik nila ang
mga aliping kanilang pinalaya. Pinilit nila silang maging mga
alipin muli. 12 Kaya ang salita ni Yahweh ay dumating kay
Jeremias at sinabi, 13 “Sinasabi ito ni Yahweh, ang Diyos ng
Israel, 'Ako mismo ang nagtatag ng isang kasunduan sa
inyong mga ninuno sa panahong inilabas ko sila mula sa
lupain ng Egipto, mula sa tahanan ng pagkakaalipin. Iyon ay
nang sinabi ko, 14 “Sa pagtatapos ng bawat ika-pitong taon,
ang bawat tao ay dapat palayain ang kaniyang kapatid, mga
kapwa niyang Hebreo na ibinenta ang kaniyang sarili sa inyo
at naglingkod sa inyo ng anim na taon. Palayain ninyo siya
sa paglilingkod sa inyo.” Ngunit hindi nakinig o nagbigay
ng pansin ang iyong mga ninuno sa akin. 15 Ngayon, kayo
mismo na nagsisi at nagsimulang gawin ang tama sa aking
paningin. Ipinahayag ninyo ang kalayaan, sa bawat tao sa
kaniyang kapwa. At itinatag ninyo ang isang kasunduan sa
aking harapan sa tahanan na tinawag sa aking pangalan. 16
Ngunit tumalikod kayo at dinungisan ang aking pangalan,
pinabalik ninyo sa bawat tao ang kanilang mga aliping lalaki
at babae, ang mga pinalaya ninyo upang pumunta kung saan
nila naisin. Pinilit ninyo sila na maging mga alipin ninyong
muli.' 17 Kaya sinasabi ito ni Yahweh, 'Kayo mismo ay hindi
nakinig sa akin. Dapat ipinahayag ninyo ang kalayaan, bawat
isa sa inyo, sa inyong mga kapatid at kapwa Israelita. Kaya
tingnan ninyo! Ipapahayag ko na ang kalayaan sa inyo—ito
ang pahayag ni Yahweh—kalayaan sa espada, sa salot at
taggutom, sapagkat gagawa ako ng kakila-kilabot na bagay
sa paningin ng bawat kaharian sa lupa. 18 At parurusahan
ko ang mga taong lumabag sa aking kasunduan, silang hindi
sumunod sa mga salita ng kasuduang ipinatupad nila sa
aking harapan noong hinati nila ang isang toro sa dalawa at
lumakad sa pagitan ng mga bahagi nito, 19 at pagkatapos
lumakad sa pagitan ng mga bahagi ng toro ang mga pinuno
ng Juda at Jerusalem, mga eunuko at mga pari, at lahat ng
mga tao sa lupain. 20 Ibibigay ko sila sa kamay ng kanilang
mga kaaway at sa mga naghahangad ng kanilang buhay.
Magiging pagkain ng mga ibon sa kalangitan at mga hayop
sa lupa ang kanilang mga katawan. 21 Kaya ibibigay ko si
Zedekias na hari ng Juda at ang kaniyang mga pinuno sa
kamay ng kanilang mga kaaway at sa mga naghahangad ng
kanilang buhay at sa kamay ng hukbo ng hari ng Babilonia
na tumindig laban sa inyo. 22 Tingnan ninyo, magbibigay
ako ng isang utos—ito ang pahayag ni Yahweh—at ibabalik
ko sila sa lungsod na ito upang makipagdigma laban dito
at sasakupin, at sunugin nila ito. Sapagkat gagawin kong
nawasak na mga lugar ang mga lungsod ng Juda kung saan
walang makakatira roon.'"

**35** Ito ang salitang dumating kay Jeremias mula kay
Yahweh sa mga panahon ni Jehoiakim na anak ni
Josias na hari ng Juda, at sinabi niya, 2 “Pumunta ka sa
angkan ng mga Recabita at magsalita ka sa kanila. At dalhin
mo sila sa aking tahanan, sa isa sa mga silid doon at bigyan
mo sila ng alak na maiinom.” 3 Kaya dinala ko si Jaazanias
na anak ni Jeremias na anak ni Habasinias at ang kaniyang
mga kapatid na lalaki, ang lahat ng kaniyang mga anak na
lalaki at ang lahat ng angkan ng Recabita. 4 Dinala ko sila
sa tahanan ni Yahweh, sa mga silid ng mga anak ni Heman
na anak ni Igdalias, na lingkod ng Diyos. Ang mga silid na
ito ay katabi ng silid ng mga pinuno kung saan nasa itaas ng
silid ni Maaseias na anak ni Sallum, na tagapagbantay ng
tarangkahan. 5 Pagkatapos, naglagay ako ng mga mangkok
at mga kopang puno ng alak sa harapan ng mga Recabita
at sinabi ko sa kanila, “Uminom kayo ng alak.” 6 Ngunit
sinabi nila, “Hindi kami iinom ng anumang alak, sapagkat
inutusan kami ng aming ninunong si Jonadab na anak ni
Recab na, 'Huwag kayong uminom ng anumang alak, kayo
o ng inyong mga kaapu-apuhan, magpakailanman. 7 Huwag
din kayong magtayo ng anumang mga bahay, maghasik ng
anumang mga butil o magtanim ng anumang mga ubasan,
hindi ito para sa inyo. Sapagkat dapat kayong manirahan sa
mga tolda sa buong buhay ninyo, upang sa gayon kayo ay
mamumuhay ng mahabang panahon sa lupain kung saan
kayo nananatili gaya ng mga dayuhan.' 8 Sinunod namin
ang tinig ni Jonadab na anak ni Recab, na aming ninuno sa
lahat ng kaniyang iniutos sa amin, na huwag kailanmang
uminom ng alak sa buong buhay namin, kami ng aming
mga asawa, ng aming mga anak na lalaki at babae. 9 At
huwag kailanman kaming magtatayo ng mga bahay upang
tirahan, at hindi kami magkakaroon ng ubasan, bukirin o
binhi na aming pag-aari. 10 Nanirahan kami sa mga tolda at
nakinig at sumunod sa lahat ng iniutos ng aming ninunong
si Jonadab. 11 Ngunit nang nilusob ni Nebucadnezar na
hari ng Babilonia ang lupain, sinabi namin, 'Halikayo, dapat
tayong pumunta sa Jerusalem upang tumakas mula sa mga
hukbo ng Caldeo at ng taga-Siria.' Kaya naninirahan kami
sa Jerusalem.” 12 At dumating ang salita ni Yahweh kay
Jeremias at sinabi, 13 “Sinasabi ito ni Yahweh ng mga hukbo,
na Diyos ng Israel, 'Pumunta ka at sabihin sa mga kalalakihan
ng Juda at sa mga naninirahan sa Jerusalem, “Hindi ba
ninyo tatanggapin ang pagtutuwid at hindi pakikinggan ang
aking mga salita? —ito ang pahayag ni Yahweh. 14 Ang
mga salita ni Jonadab na anak ni Recab na ibinigay niya
sa kaniyang mga anak bilang utos, na huwag uminom ng
anumang alak ay sinusunod hanggang sa panahong ito.

Sinunod nila ang utos ng kanilang ninuno. Ngunit para sa
akin, ako mismo ang patuloy na nagpapahayag sa inyo,
ngunit hindi kayo nakikinig sa akin. **15** Ipinadala ko ang
lahat ng aking mga lingkod, na mga propeta. Patuloy ko
silang ipinapadala upang sabihin, 'Tumalikod ang bawat
tao sa kaniyang masamang pamamaraan at gumawa ng
mabubuting bagay, huwag nang sumunod ang sinuman sa
ibang diyos at sambahin ang mga ito. Sa halip, bumalik
kayo sa lupain na ibinigay ko sa inyo at sa inyong mga
ninuno.' Ngunit hindi kayo makikinig sa akin o magbibigay
pansin. **16** Sapagkat sinunod ng mga kaapu-apuhan ni
Jonadab na anak ni Recab ang mga utos ng kanilang mga
ninuno na ibinigay niya sa kanila, ngunit hindi nakikinig ang
mga taong ito sa akin."' **17** Kaya sinasabi ni Yahweh, na
Diyos ng mga hukbo at Diyos ng Israel, 'Tingnan ninyo,
ang lahat ng mga sakunang aking ipinahayag laban sa
kanila—dadalhin ko ang mga sakunang ito sa Juda at sa
lahat ng naninirahan sa Jerusalem, dahil nagbabala ako sa
kanila, ngunit hindi sila nakinig. Tinawag ko sila, ngunit hindi
sila sumagot."' **18** Sinabi ni Jeremias sa sambahayan ng
mga Recabita, "Sinasabi ito ni Yahweh ng mga hukbo, na
Diyos ng Israel: Pinakinggan ninyo ang mga utos ni Jonadab
na inyong ninuno at ginawa ang lahat ng mga ito—sinunod
ninyo ang lahat ng kaniyang iniutos na gawin ninyo— **19**
kaya sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo, na Diyos ng Israel,
'Laging magkakaroon ng taong nagmula kay Jonadab na
anak ni Recab na maglilingkod sa akin."'

**36** Nangyari ito sa ika-apat na taon ni Jehoiakim na anak
ni Josias na hari ng Juda, na dumating ang salitang ito
kay Jeremias mula kay Yahweh, at sinabi niya, **2** "Kumuha
ka nang isang kasulatang balumbon para sa iyong sarili
at isulat dito ang lahat ng mga salitang sinabi ko sa iyo
tungkol sa Israel at Juda, at bawat bansa. Gawin ito para sa
lahat ng sinabi ko mula sa mga araw ni Josias hanggang sa
araw na ito. **3** Marahil, pakikinggan ng mga tao ng Juda ang
lahat ng mga sakuna na nais kong dalhin sa kanila. Marahil,
tatalikod ang bawat isa mula sa kaniyang masamang landas,
kaya patatawarin ko ang kanilang kasamaan at kanilang
kasalanan." **4** At ipinatawag ni Jeremias si Baruc na anak ni
Nerias at isinulat ni Baruc sa isang kasulatang balumbon,
sa pagsasalaysay ni Jeremias, ang lahat ng mga salita ni
Yahweh na sinabi sa kaniya. **5** Kasunod nito, nagbigay ng
utos si Jeremias kay Baruc. Sinabi niya, "Nasa kulungan
ako at hindi makakapunta sa tahanan ni Yahweh. **6** Kaya
kailangan mong pumunta at basahin mula sa kasulatang
balumbon na iyong isinulat mula sa aking pagsasalaysay. Sa
araw ng pag-aayuno, kailangan mong basahin sa kaniyang
tahanan ang mga salita ni Yahweh sa pakikinig ng mga tao,
at sa pakikinig ng buong Juda na dumating mula sa kanilang
mga lungsod. Ipahayag mo ang mga salitang ito sa kanila. **7**
Marahil, ang kanilang pagsamo ng habag ay makakarating
sa harapan ni Yahweh. Marahil, ang bawat tao ay tatalikod
mula sa kanilang masasamang gawa, dahil matindi ang poot
at galit na ipinahayag ni Yahweh laban sa mga taong ito." **8**
Kaya ginawa ni Baruc na anak ni Nerias ang lahat ng iniutos
ni propeta Jeremias na kaniyang gagawin. Binasa niya ng
malakas ang mga salita ni Yahweh sa tahanan ni Yahweh.
**9** Nangyari ito sa ika-limang taon at ika-siyam na buwan
ni Jehoiakim na anak ni Josias, na hari ng Juda, na ang
lahat ng mga tao sa Jerusalem at ang mga tao na dumating
sa Jerusalem sa mga lungsod ng Juda na nagpahayag ng
pag-aayuno sa pagpaparangal kay Yahweh. **10** Binasa ni
Baruc ng malakas ang mga salita ni Jeremias sa tahanan
ni Yahweh, mula sa silid ni Gemarias na anak ni Safan na
eskriba, sa itaas ng patyo, malapit sa tarangkahan patungo
sa tahanan ni Yahweh. Ginawa niya ito sa pakikinig ng lahat
ng mga tao. **11** Ngayon, si Micaias na anak ni Gemarias na
anak ni Safan ay narinig ang lahat ng mga salita ni Yahweh
sa kasulatang balumbon. **12** Bumaba siya sa tahanan ng
hari, sa silid ng kalihim. Tingnan ninyo, lahat ng mga opisyal
ay nakaupo roon, si Elisama na eskriba, si Delaias na anak ni
Semias, si Elnatan na anak ni Acbor, si Gemarias na anak ni
Safan at Zedekias na anak ni Hananias at ang lahat ng mga
opisyal. **13** At ibinalita ni Micaias sa kanila ang lahat ng mga
salita na kaniyang narinig na binasa ng malakas ni Baruc sa
pakikinig ng mga tao. **14** Kaya ipinadala ng lahat ng mga
opsiyal si Jehudi na anak ni Netanias na anak ni Selemias na
anak ni Cusi kay Baruc. Sinabi ni Jehudi kay Baruc, "Kunin
mo ang kasulatang balumbon na iyong binasa sa pakikinig
ng mga tao at ikaw ay lumapit." Kaya kinuha ni Baruc na
anak ni Nerias ang kasulatang binalumbon at pumunta sa
mga opisyal. **15** At sinabi nila sa kaniya, "Maupo ka at
basahin mo ito sa aming pakikinig. "Kaya binasa ni Baruc
ang kasulatang balumbon. **16** At nangyari nang kanilang
narinig ang lahat ng mga salitang ito, natakot ang bawat tao
at sinabi kay Baruc, "Nararapat nating ibalita ang lahat ng
mga salitang ito sa hari." **17** Pagkatapos, tinanong nila si
Baruc, "Sabihin mo sa amin, paano mo nagawang isulat ang
lahat ng mga salitang ito, sa pagsasalaysay ni Jeremias?"
**18** Sinabi ni Baruc sa kanila, "Isinalaysay niya sa akin ang
lahat ng mga salitang ito at isinulat ko ang mga ito sa tinta
sa balumbon na ito." **19** At sinabi ng mga opisyal kay Baruc,
"Umalis ka at magtago, at ganoon din si Jeremias. Huwag
ninyong ipaalam kahit kanino ang kinaroroonan ninyo." **20**
Pagkatapos, pumunta sila sa bulwagan ng hari at ibinalita
ang mga salitang ito sa kaniya. Ngunit una nilang inilagay
ang kasulatang balumbon sa silid ng kalihim na si Elisama.
**21** At isinugo ng hari si Jehudi upang kunin ang kasulatang

balumbon. Kinuha iyon ni Jehudi sa silid ng kalihim na si
Elisama. At binasa niya ito nang malakas sa hari at sa lahat
ng mga opisyal na nakatayo sa kaniyang tabi. 22 Ngayon,
nanatili ang hari sa tahanang pang-taglamig sa ika-siyam
na buwan, at isang apuyan na nagniningas sa kaniyang
harapan. 23 Nangyari ito nang mabasa ni Jehudi ang tatlo o
apat na mga hanay, nais itong tanggalin nang hari gamit ang
isang kutsilyo at itapon ito sa apuyan hanggang masira ang
lahat ng kasulatang balumbon. 24 Ngunit wala sa hari ni
ang sinuman sa kaniyang mga lingkod ang nakarinig sa
lahat ng mga salitang ito ang natakot, ni punitin ang kanilang
mga kasuotan. 25 Maging sina Elnatan, Delaias at Gemarias
ay hinimok ang hari upang hindi sunugin ang kasulatang
balumbon, ngunit hindi siya nakinig sa kanila. 26 At inutusan
ng hari si Jerameel, isang kamag-anak, si Seraias na anak ni
Azriel at Selenias na anak ni Abdeel upang hulihin si Baruc
na eskriba at ang propetang si Jeremias, ngunit itinago sila ni
Yahweh. 27 At dumating ang salita ni Yahweh kay Jeremias
pagkatapos sunugin ng hari ang kasulatang balumbon at
ang mga salita na isinulat ni Baruc sa pagsasalaysay ni
Jeremias, at sinabi niya. 28 "Bumalik ka, kumuha ka ng
ibang balumbon para sa iyong sarili at isulat doon ang lahat
ng mga salitang naroon sa naunang kasulatang balumbon,
na sinunog ni Jehoiakim na hari ng Juda. 29 At kailangan
mo itong sabihin kay Jehoiakim na hari ng Juda: 'Sinunog
mo ang kasulatang balumbon na iyon! At sinabi mo: Bakit
mo isinulat iyon, "Tiyak na darating ang hari ng Babilonia
at wawasakin ang lupaing ito, sapagkat wawasakin niya
ang tao at mga hayop dito"?"' 30 Samakatuwid, sinabi ito ni
Yahweh tungkol sa iyo, Jehoiakim na hari ng Juda, "Wala sa
mga kaapu-apuhan mo ang makakaupo kahit kailan sa trono
ni David. Para sa iyo, ang iyong bangkay ay itatapon sa init
ng araw at sa lamig ng gabi. 31 Sapagkat parurusahan kita,
ang iyong mga kaapu-apuhan, at iyong mga lingkod para
sa mga kasamaan ninyong lahat. Dadalhin ko sa iyo, sa
lahat ng mga naninirahan sa Jerusalem, at bawat tao sa
Juda, ang lahat ng mga sakuna na aking ibinanta sa iyo,
ngunit hindi mo ito binigyang pansin." 32 Kaya kumuha pa
ng ibang balumbon si Jeremias at ibinigay ito kay Baruc
na anak ng eskribang si Nerias. Isinulat iyon ni Baruc sa
pagsasalaysay ni Jeremias sa lahat ng mga salitang nasa
kasulatang balumbon na sinunog ni Jehoiakim na hari ng
Juda. At saka, maraming ibang magkatulad na mga salita
ang idinagdag sa balumbon na ito.

**37** Ngayon, si Zedekias na anak ni Josias ang namuno
bilang hari sa halip na si Jehoiakin na anak ni
Jehoiakim. Ginawang hari ni Nebucadnezar na hari ng
Babilonia si Zedekias sa buong lupain ng Juda. 2 Ngunit
si Zedekias, ang kaniyang mga lingkod, at ang mga tao
sa lupain ay hindi nakinig sa mga salita ni Yahweh na
kaniyang ipinahayag sa pamamagitan ng kamay ni Jeremias
na propeta. 3 Kaya si Haring Zedekias, at Jehucal na anak
ni Selemias, at Zefanias na anak ni Maasias na pari ay
nagpadala ng isang mensahe kay Jeremias na propeta.
Sinabi nila, "Manalangin ka para sa amin kay Yahweh na
ating Diyos." 4 Ngayon, paparating na si Jeremias at pupunta
sa mga tao, sapagkat hindi pa siya nakakulong. 5 Lumabas
ang mga hukbo ng Faraon mula sa Egipto at ng narinig ng
mga Caldeo na sumalakay sa Jerusalem ang mga balita
tungkol sa kanila, at umalis sa Jerusalem. 6 At dumating
ang salita ni Yahweh kay Jeremias na propeta at sinabi,
7 "Ito ang sinasabi ni Yahweh na Diyos ng Israel: Ito ang
sasabihin mo sa hari ng Juda, sapagkat ipinadala ka niya
upang humingi ng payo mula sa akin, 'Tingnan ninyo, ang
hukbo ng Faraon na dumating upang tulungan kayo ay
pabalik na sa Egipto sa kanilang sariling lupain. 8 Babalik
ang mga Caldeo. Makikipaglaban sila laban sa lungsod
na ito, bibihagin at susunugin ito.' 9 Ito ang sinasabi ni
Yahweh: Huwag ninyong linlangin ang inyong mga sarili sa
pamamagitan ng pagsasabi, 'Tiyak na iiwanan tayo ng mga
Caldeo,' ngunit hindi sila aalis. 10 Kahit na matalo ninyo ang
buong hukbo ng Caldeo na nakipaglaban sa inyo, kaya, ang
mga sugatan na kalalakihan na natitira sa kanilang mga
tolda, babangon sila at susunugin ang lungsod na ito." 11 At
nang paalis na ang hukbo ng mga Caldeo sa Jerusalem,
paparating din ang hukbo na Faraon, 12 at lumabas si
Jeremias mula sa Jerusalem upang pumunta sa lupain ng
Benjamin. Ninais niyang kunin ang kaunting bahagi ng isang
ari-arian sa lupain doon sa kaniyang mga tao. 13 Habang
nasa Tarangkahan siya ng Benjamin, nandoon ang isang
pinunong bantay. Ang kaniyang pangalan ay Irijas na anak ni
Selemias na anak ni Hananias. Hinawakan niya ng mahigpit
si Jeremias na propeta at sinabi, "Tumatakas ka upang
kumampi sa mga Caldeo." 14 Ngunit sinabi ni Jeremias,
"Hindi iyan totoo. Hindi ako tumatakas upang kumampi
sa mga Caldeo." Ngunit hindi nakinig si Irijas sa kaniya.
Kinuha niya si Jeremias at dinala siya sa mga opisyal. 15
Nagalit ang mga opisyal kay Jeremias. Binugbog nila siya at
inilagay sa bilangguan na tahanan ni Jonatan na eskriba,
sapagkat ginawa nila itong bilangguan. 16 Kaya inilagay
si Jeremias sa seldang nasa ilalim ng lupa, kung saan
siya nanatili ng maraming araw. 17 At nagpadala si Haring
Zedekias ng isang tao na nagdala sa kaniya sa palasyo.
Sa kaniyang tahanan, tinanong siya ng hari ng sarilinan,
"Mayroon bang ibang salita mula kay Yahweh?" Sumagot
si Jeremias, "Mayroon pang isang salita: Ibibigay kayo sa
kamay ng hari ng Babilonia." 18 At sinabi ni Jeremias kay
Haring Zedekias, "Paano ako nagkasala laban sa iyo, sa

iyong mga lingkod o sa mga taong ito upang ilagay mo ako
sa bilangguan? 19 Nasaan ang iyong mga propeta, ang mga
nanghula para sa iyo at sinabing ang hari ng Babilonia ay
hindi darating laban sa iyo o laban sa lupaing ito? 20 Ngunit
ngayon, makinig ka aking panginoon na hari! Hayaan mo
na ang aking pagsamo ay makarating sa iyong harapan.
Huwag mo akong ibalik sa tahanan ni Jonatan na eskriba,
kung hindi mamamatay ako roon." 21 Kaya nagbigay ng
isang utos si Haring Zedekias. ipinasok ng kaniyang lingkod
si Jeremias sa loob ng patyo ng mga bantay. Binibigyan
siya ng isang tinapay araw-araw mula sa lansangan ng
mga panadero, hanggang maubos ang lahat ng tinapay sa
lungsod. Kaya nanatili si Jeremias sa patyo ng mga bantay.

**38** Narinig ni Sefatias na anak ni Matan, ni Gedalias na
anak ni Pashur, ni Jucal na anak naman ni Selenias, at
ni Pashur na anak ni Malquias ang mga salita na ipinahayag
ni Jeremias sa mga tao. Sinasabi niya 2 "Sinasabi ito ni
Yahweh: Ang sinumang mananatili sa lungsod na ito ay
papatayin sa pamamagitan ng espada, taggutom, at salot.
Ngunit makakaligtas ang sinumang lalabas sa mga Caldeo.
Tatakas siya at mabubuhay. 3 Sinasabi ito ni Yahweh:
Ibibigay ang lungsod na ito sa kamay ng hukbo ng hari
ng Babilonia, at bibihagin niya ito." 4 Kaya sinabi ng mga
opisyal sa hari, "Patayin ang taong ito, sapagkat sa paraang
ito pinahihina niya ang mga kamay ng mga mandirigmang
kalalakihan na nananatili sa lungsod na ito, at ang mga
kamay ng lahat ng mga tao. Pinahayag niya ang mga salitang
ito, sapagkat ang taong ito ay hindi gumagawa ng kaligtasan
para sa mga taong ito, kundi kapahamakan." 5 Kaya sinabi
ni Haring Zedekias, "Tingnan ninyo, siya ay nasa inyong
kamay sapagkat wala namang haring may kakayahang
pigilan kayo." 6 At dinala nila si Jeremias at hinagis siya
sa balon ni Malquias na anak ng hari. Nasa patyo ng mga
bantay ang balon. Ibinaba nila si Jeremias sa pamamagitan
ng mga lubid. Walang tubig ang balon, ngunit maputik ito, at
lumubog siya sa putik. 7 Ngayon, si Ebed-Melec na taga-
Cush ay isa sa mga eunuko sa tahanan ng hari. Nabalitaan
niya na inilagay nila si Jeremias sa balon. Ngayon ang hari
ay nakaupo sa Tarangkahan ng Benjamin. 8 Kaya pumunta
si Ebed-Melec mula sa tahanan ng hari at nakipag-usap sa
hari. Sinabi niya, 9 "Aking panginoong hari, masama ang
ginawa ng mga kalalakihang ito sa ginawang pagtrato nila sa
propetang si Jeremias. Siya ay hinagis nila sa balon upang
mamatay doon mula sa gutom, sapagkat wala ng pagkain sa
lungsod." 10 At nagbigay ng utos ang hari kay Ebed-Melec
na taga-Cush. Sinabi niya, "Pangunahan mo ang tatlumpung
kalalakihan mula rito at iahon ninyo si propeta Jeremias na
nasa balon bago siya mamatay." 11 Kaya pinangunahan
ni Ebed-Melec ang tatlumpung mga kalalakihang iyon at
pumunta sa tahanan ng hari, sa isang silid-imbakan ng mga
damit sa ilalim ng tahanan. Mula roon kumuha siya ng mga
basahan at mga lumang damit at ibinaba nila ang mga ito sa
pamamagitan ng mga lubid kay Jeremias na nasa balon. 12
Sinabi ni Ebed-Melec na taga-Cush kay Jeremias, "Ilagay
mo ang mga basahan at lumang damit sa ilalim ng iyong
mga braso at sa dulo ng mga lubid." Kaya ginawa ito ni
Jeremias. 13 At hinila nila si Jeremias sa pamamagitan ng
mga lubid. Sa ganitong paraan nila siya iniahon mula sa
balon. Kaya nanatili si Jeremias sa patyo ng mga bantay.
14 At nagpadala ng salita si Haring Zedekias at dinala si
propeta Jeremias sa kaniya, sa pangatlong pasukan sa
tahanan ni Yahweh. Sinabi ng hari kay Jeremias, "May nais
akong itanong sa iyo. Huwag mong ilihim ang sagot sa akin."
15 Sinabi ni Jeremias kay Zedekias, "Kung sasagot ako sa
iyo, hindi mo ba talaga ako papatayin? At kung bibigyan kita
ng payo, hindi ka makikinig sa akin." 16 Ngunit sumumpa
si Haring Zedekias nang palihim kay Jeremias at sinabi,
"Sapagkat buhay si Yahweh, ang gumawa sa atin, hindi kita
papatayin o ibibigay sa kamay ng mga kalalakihang iyon na
naghahangad sa iyong buhay". 17 Kaya sinabi ni Jeremias
kay Zedekias, "Sinasabi ito ni Yahweh, ang Diyos ng mga
hukbo, ang Diyos ng Israel: Kung lalabas ka patungo sa
mga opisyal ng hari ng Babilonia, mabubuhay ka, at hindi
masusunog ang lungsod na ito. Mabubuhay ka at ang iyong
pamilya. 18 Ngunit kapag hindi ka lalabas patungo sa mga
opisyal ng hari ng Babilonia, ibibigay ang lungsod na ito
sa kamay ng mga Caldeo. Susunugin nila ito, at hindi ka
makakatakas sa kanilang mga kamay." 19 Sinabi ni Haring
Zedekias kay Jeremias, "Ngunit natatakot ako sa mga tao ng
Juda na tumakas patungo sa mga Caldeo, dahil maaaring
ibigay ako sa kanilang mga kamay, upang tratuhin nila ako
ng masama." 20 Sinabi ni Jeremias, "Hindi ka nila ibibigay
sa kanila. Sumunod ka sa mensaheng mula kay Yahweh na
sinasabi ko sa iyo, upang maging mabuti ang mga bagay
para sa iyo, at upang ikaw ay mabuhay. 21 Ngunit kung
tatanggi kang lumabas, ito ang ipinakita sa akin ni Yahweh:
22 Tingnan mo! Lahat ng mga naiwang babae sa iyong
tahanan, hari ng Juda, ay dadalhin sa mga opisyal ng hari
ng Babilonia. Sasabihin ng mga babaing ito sa iyo, "Nilinlang
ka ng iyong mga kaibigan; sinira ka nila. Nakalubog na
ngayon sa putik ang iyong mga paa, at tatakbo palayo ang
iyong mga kaibigan.' 23 Sapagkat ang lahat ng iyong mga
asawa at mga anak ay dadalhin patungo sa mga Caldeo, at
ikaw mismo ay hindi makakatakas mula sa kanilang mga
kamay. Mabibihag ka sa pamamagitan ng kamay ng hari ng
Babilonia, at masusunog ang lungsod na ito." 24 Pagkatapos
sinabi ni Zedekias kay Jeremias, "Huwag mong ipaalam
kaninuman ang mga salitang ito, upang hindi ka mamatay.

25 Kung marinig ng mga opisyal na nakipag-usap ako sa
iyo—kung pupunta sila at sasabihin sa iyo, 'Sabihin mo sa
amin kung ano ang pinag-usapan ninyo ng hari. Huwag mo
itong itago sa amin, kung hindi ay papatayin ka namin. At
sabihin mo sa amin kung ano ang sinabi sa iyo ng hari'—
26 pagkatapos sabihin mo sa kanila, 'Nakiusap ako sa hari
na huwag niya akong ibalik sa bahay ni Jonatan upang
mamatay doon.'" 27 Pagkatapos, pumunta ang lahat ng mga
opisyal kay Jeremias at tinanong siya, kaya sumagot siya sa
kanila ayon sa ibinilin ng hari sa kaniya. Kaya tumigil sila sa
pakikipag-usap sa kaniya, dahil hindi nila napakinggan ang
pinag-usapan sa pagitan ni Jeremias at ng hari. 28 Kaya
nanatili si Jeremias sa patyo ng mga bantay hanggang sa
araw na nasakop ang Jerusalem.

39 Sa ikasiyam na taon at ikasampung buwan ni Zedekias
na hari ng Juda, dumating si Nebucadnezar na hari ng
Babilonia kasama ang lahat ng kaniyang hukbo laban sa
Jerusalem at sinakop ito. 2 Sa ikalabing isang taon at ika-
apat na buwan ni Zedekias, sa ikasiyam na araw ng buwan,
nawasak ang lungsod. 3 At dumating ang lahat ng opisyal ng
hari ng Babilonia at umupo sa gitnang tarangkahan: Ang mga
ito ay sina Nergal-salezer, Samgar-nebo, at Sarsequim, isang
mahalagang opisyal. Isang mataas na opisyal si Nergal-
salezer, at ang iba pa ay mga opisyal ng hari ng Babilonia. 4
Nangyari nang makita sila ni Zedekias, na hari ng Juda,
at ng lahat ng kaniyang mga mandirigmang kalalakihan,
tumakas sila. Lumabas sila sa gabi mula sa lungsod sa
pamamagitan ng daanan sa hardin ng hari, sa tarangkahan
sa pagitan ng dalawang mga pader. Umalis ang hari patungo
sa Araba. 5 Ngunit hinabol sila ng hukbo ng mga Caldeo
at naabutan si Zedekias sa mga kapatagan sa lambak ng
Ilog Jordan malapit sa Jerico. Pagkatapos, binihag nila siya
at dinala kay Nebucadnezar na hari ng Babilonia, sa Ribla
sa lupain ng Hamat, kung saan binigyan siya ng hatol ni
Nebucadnezar. 6 Pinatay ng hari ng Babilonia ang mga anak
na lalaki ni Zedekias sa kaniyang harapan sa Ribla. Pinatay
din niya ang lahat ng mga maharlikang tao ng Juda. 7 At
tinanggal niya ang mga mata ni Zedekias at iginapos sa
kadenang tanso upang dalhin siya sa Babilonia. 8 At sinunog
ng mga Caldeo ang tahanan ng hari at ang mga tahanan ng
mga tao. Ibinagsak din nila ang mga pader ng Jerusalem. 9
Si Nebuzaradan, ang kapitan ng mga tagapagbantay ng
hari ay dinalang bihag ang natirang mga tao sa lungsod.
Kabilang dito ang mga taong tumakas upang kumampi
sa mga Caldeo at ang mga taong naiwan sa lungsod.
10 Ngunit pinayagan ni Nebuzaradan na kapitan ng mga
tagapagbantay ng hari ang pinakamahihirap na mga taong
walang wala para sa kanilang mga sarili upang manatili
sa lupain ng Juda. Binigyan niya sila ng mga ubasan at
mga bukid sa araw ding iyon. 11 Nagbigay si Nebucadnezar
na hari ng Babilonia ng isang utos tungkol kay Jeremias
kay Nebuzaradan na kapitan ng mga tagapagbantay ng
hari. Sinabi niya, 12 "Kunin at alagaan mo siya. Huwag mo
siyang saktan. Gawin mo ang anumang sasabihin niya sa
iyo." 13 Kaya nagpadala ng mga kalalakihan si Nebuzaradan
na kapitan ng mga tagapagbantay ng hari, si Nebuzazban
ang mataas na eunuko, si Nergal Sarezer ang punong
opisyal, at lahat ng pinakamahalagang opisyal ng hari ng
Babilonia. 14 Kinuha ng kanilang mga kalalakihan si Jeremias
mula sa patyo ng mga bantay at ipinagkatiwala siya kay
Gedalias na anak ni Ahikam na anak naman ni Safan, upang
iuwi siya, kaya nanatili si Jeremias kasama ng mga tao.
15 Ngayon dumating ang salita ni Yahweh kay Jeremias
habang siya ay nakakulong sa patyo ng mga bantay, at
sinabi niya, 16 "Magsalita ka kay Ebed-Melec na taga-Cush,
'Sinasabi ito ni Yahweh ng mga hukbo, ang Diyos ng Israel:
Tingnan mo, gagawin ko na ang aking mga salita laban sa
bayang ito para sa kapahamakan at hindi sa kabutihan.
Sapagkat magkakatotoo ang lahat ng mga ito sa iyong
harapan sa araw na iyon. 17 Ngunit ililigtas kita sa araw na
iyon—ito ang pahayag ni Yahweh—at hindi ka na ibibigay
sa mga kalalakihan na iyong kinatatakutan. 18 Sapagkat
tiyak ililigtas kita. Hindi ka babagsak sa pamamagitan ng
espada. Makakatakas ka dahil nagtitiwala ka sa akin—ito
ang pahayag ni Yahweh.'"

40 Ito ang salitang dumating kay Jeremias mula kay
Yahweh pagkatapos siyang ipinadala mula sa Rama ni
Nebuzaradan, na kapitan ng tagapagbantay ng hari. Na kung
saan nadala na roon si Jeremias, at kung saan ginapos siya
ng mga kadena. Kasama niya ang mga bihag sa Jerusalem
at sa Juda na ipapatapon sa Babilonia. 2 Kinuha ng punong
tagapagbantay si Jeremias at sinabi sa kaniya, "Si Yahweh
na iyong Diyos ang nag-utos sa kapahamakang ito laban sa
lugar na ito. 3 Kaya dinala ito ni Yahweh. Ginawa niya ang
kaniyang iniutos, sapagkat kayong mga tao ay nagkasala
laban sa kaniya at hindi sumunod sa kaniyang tinig. Kaya
nangyari ang bagay na ito sa inyong mga tao. 4 Ngunit
tingnan mo ngayon! Pinakawalan kita sa araw na ito mula sa
mga kadenang nasa iyong mga kamay. Kung mabuti sa
iyong paningin na sumama sa akin sa Babilonia, halika, at
aalagaan kita. Ngunit kung hindi mabuti sa iyong paningin
ang sumama sa akin sa Babilonia, kung gayon huwag
mong gawin. Tumingin ka sa lahat ng lupaing nasa iyong
harapan. Pumunta ka kung saan mabuti at tama sa iyong
paninging puntahan." 5 Nang hindi sumagot si Jeremias,
sinabi ni Nebuzaradan, "Pumunta ka kay Gedalias na anak
ni Ahikam na anak naman ni Safan, na itinalaga ng hari ng
Babilonia sa mga lungsod ng Juda. Manatili ka sa kaniya

kasama ang mga tao o pumunta ka kung saanman ang
mabuti sa iyong paninging puntahan." Binigyan siya ng
pinuno ng mga tagapagbantay ng hari ng pagkain at ng
isang kaloob, at pinalaya siya. 6 Kaya pumunta si Jeremias
kay Gedalias na anak ni Ahikam, sa Mizpa. Nanatili siya
sa kaniya kasama ang mga tao na naiwan sa lupain. 7
Ngayon, narinig ng ilang mga pinuno ng mga kawal ng Juda
na nasa kabukiran—sila at ng kanilang mga kalalakihan—na
ginawang gobernador ng hari ng Babilonia sa lupain si
Gedalias na anak ni Ahikam. Narinig din nila na itinalaga niya
siyang mamahala sa mga kalalakihan, kababaihan at sa mga
batang pinakamahirap na mga tao sa lupain, ang mga hindi
binihag sa Babilonia. 8 Kaya pumunta sila kay Gedalias sa
Mizpa. Ang mga kalalakihang ito ay sina Ismael na anak ni
Netanias; Johanan at Jonatan na mga anak ni Karea; Serias
anak ni Tanhumet; ang mga anak nlalaki ni Efai na taga-
Metofat; at si Jezanias na anak ng taga-Maaca—sila at ng
kanilang mga kalalakihan. 9 Si Gedalias na anak ni Ahikam
na anak ni Safan ay sumumpa sa kanila at sa kanilang mga
kalalakihan, at sinabi sa kanila, "Huwag kayong matakot
na maglingkod sa mga opisyal na mga Caldeo. Manirahan
kayo sa lupain at paglingkuran ang hari ng Babilonia, at
makakabuti ito sa inyo. 10 At tingnan ninyo, naninirahan ako
sa Mizpa upang makipagkita sa mga Caldeo na dumating
sa atin. Kaya mag-ani kayo ng mga alak, mga bunga sa
tag-araw, at langis at ilagay ninyo sa inyong mga lalagyan.
Manirahan kayo sa mga lungsod na inyong tinirahan." 11 At
narinig ng lahat ng mga taga-Juda na nasa Moab, kasama
ng mga tao ng Amon, at sa Edom, at sa bawat lupain na
pinahintulutang manatili ng hari ng Babilonia ang nalalabi
ng Juda, na itinalaga niya sa kanila si Gedalias na anak
ni Ahikam na anak ni Sapan. 12 Kaya bumalik sa bawat
lugar ang lahat ng mga taga-Juda kung saan sila ikinalat.
Bumalik sila sa lupain ng Juda, kay Gedalias sa Mizpa.
Inaani nila ang alak at mga bunga sa tag-araw sa labis na
kasaganaan. 13 Pumunta kay Gedalias sa kabukiran ng
Mizpa si Johanan na anak ni Karea at ang lahat ng mga
pinuno ng hukbo. 14 Sinabi nila sa kaniya, "Alam mo ba na
ipinadala ni Baalis na hari ng mga tao ng Amon si Ismael na
anak ni Netania upang patayin ka?" Ngunit hindi naniwala sa
kanila si Gedalias na anak ni Ahikam. 15 Kaya nakipag-usap
nang palihim si Johanan na anak ni Karea kay Gedalias sa
Mizpa at sinabi, "Pahintulutan mo akong pumunta at patayin
si Ismael na anak ni Netania. Hindi ako paghihinalaan ng
sinuman. Bakit ka niya papatayin? Bakit pinahihintulutan mo
na ang lahat ng mga taga Juda na tinipon mo ay maikalat
at malipol ang mga nalalabi sa Juda?" 16 Ngunit sinabi ni
Gedalias na anak ni Ahikam kay Johanan na anak ni Karea,
"Huwag mong gawin ang bagay na ito, sapagkat nagsasabi
ka ng mga kasinungalingan tungkol kay Ismael."

**41** Ngunit nangyari na sa ikapitong buwan, si Ismael
na anak ni Netanias na anak ni Elisama, mula sa
maharlikang pamilya at ilan sa mga opisyal ng hari ay
dumating kasama ang sampung lalaki kay Gedalias na anak
ni Ahicam, sa Mizpa. Sama-sama silang kumain ng pagkain
doon sa Mizpa. 2 Ngunit si Ismael na anak ni Netanias at ang
sampung mga lalaki na kasama niya ay tumayo at sinalakay
si Gedalias na anak ni Ahicam na anak ni Safan gamit ang
espada. Pinatay ni Ismael si Gedalias na itinakda ng hari ng
Babilonia na mangasiwa sa lupain. 3 At pinatay lahat ni
Ismael ang mga Judio na kasama ni Gedalias sa Mizpa at
ang mga lalaking mandirigmang taga-Caldeo ang natagpuan
doon. 4 At ito ang ikalawang araw pagkatapos nang pagpatay
kay Gedalias, ngunit walang sinuman ang nakaalam. 5 May
ilang lalaki ang dumating galing Shekem, galing sa Shilo, at
galing sa Samaria—walumpung kalalakihan ang nag-ahit
ng kanilang mga balbas, pinunit ang kanilang mga damit
at sinugatan ang kanilang mga sarili—na may dalang mga
pagkaing ihahandog at kamanyang sa kanilang mga kamay
upang pumunta sa tahanan ni Yahweh. 6 Kaya lumabas si
Ismael na anak ni Netanias mula sa Mizpa upang salubungin
sila habang naglalakad at umiiyak. At nangyari ito nang
masalubong niya sila, sinabi niya sa kanila, "Pumunta kayo
kay Gedalias na anak ni Ahicam!" 7 Nangyari ito nang
pagpasok nila sa lungsod, pinatay sila ni Ismael na anak ni
Netanias at itinapon sila sa isang hukay, siya at ang mga
kalalakihang kasama niya. 8 Ngunit mayroong sampung
kalalakihan na kasama nila ang nagsabi kay Ismael, "Huwag
mo kaming patayin, sapagkat may mga pagkain sa aming
bukid: trigo at sebada, langis at pulot-pukyutan." Kaya hindi
niya sila pinatay pati ang iba pa nilang mga kasama. 9
Ang hukay kung saan itinapon ni Ismael ang lahat ng mga
bangkay ng mga kalalakihan na kaniyang pinatay kasama si
Gedalias—ang malaking hukay na ito ay hinukay ni Haring
Asa nang salakayin sila ni Haring Baasa ng Israel. Pinuno
ito ni Ismael na anak ni Netanias ng kaniyang mga napatay.
10 Kasunod nito, binihag ni Ismael ang lahat ng taong nasa
Mizpa, ang mga anak na babae ng hari at ang lahat ng
mga taong naiwan sa Mizpa na itinalaga ni Nebezaradan
na punong tagapagbantay ni Gedalias na anak ni Ahicam.
Kaya binihag sila ni Ismael na anak ni Netanias at tumawid
sa mga Ammonita. 11 Ngunit narinig ni Johanan na anak
ni Karea at ng lahat ng mga pinunong hukbo na kasama
niya ang lahat ng ginawang pinsala ni Ismael na anak ni
Netanias. 12 Kaya dinala nila ang lahat ng kanilang mga
tauhan at pumunta upang makipaglaban kay Ismael na
anak ni Netanias. Natagpuan nila siya sa malaking lawa

ng Gibeon. 13 At nangyari ito nang nakita ng lahat ng mga
taong kasama ni Ismael si Johanan na anak ni Karea at ang
lahat ng mga pinuno ng hukbo na kasama niya, labis silang
natuwa. 14 Kaya ang lahat ng mga taong nabihag ni Ismael
sa Mizpa ay bumalik at pumunta kay Johanan na anak ni
Karea. 15 Ngunit tumakas si Ismael na anak ni Netanias
kasama ang walong kalalakihan mula kay Johanan. Pumunta
siya sa mga Ammonita. 16 Kinuha ni Johanan na anak ni
Karea at ang lahat ng mga pinuno ng hukbo na kasama
niya mula Mizpa ang lahat ng mga taongnaligtas mula kay
Ismael na anak ni Netanias. Ito ay matapos patayin ni Ismael
si Gedalias na anak ni Ahicam. Kinuha ni Johanan at ng
kaniyang mga kasama ang malalakas na kalalakihan, mga
lalaking mandirigma, mga kababaihan at mga bata, at ang
mga eunuko na nailigtas sa Gibeon. 17 Pagkatapos pumunta
sila at nanatili ng isang saglit sa Gerut-quimam na malapit sa
Bethlehem. Pupunta sila patungong Egipto 18 dahil sa mga
Caldeo. Natakot sila sa kanila matapos patayin ni Ismael na
anak ni Netanias si Gedalias na anak ni Ahicam, na inilagay
ng hari ng Babilonia upang mangasiwa sa lupain.

**42** At lumapit kay propeta Jeremias ang lahat ng mga
pinuno ng hukbo at sina Johanan na anak ni Karea,
Azarias na anak ni Hosaias at lahat ng mga tao mula sa
pinakamaliit hanggang sa pinakadakila. 2 Sinabi nila sa
kaniya, “Hayaan na ang aming mga kahilingan ay makarating
sa iyong harapan. Ipanalangin mo kami kay Yahweh na
iyong Diyos sapagkat kakaunting bilang na lamang ng mga
tao ang natira, tulad ng nakikita mo. 3 Tanungin mo kay
Yahweh na iyong Diyos upang sabihin sa amin ang daang
dapat naming puntahan at kung ano ang dapat naming
gawin.” 4 Kaya sinabi ni propeta Jeremias sa kanila, “Narinig
ko kayo. Tingnan ninyo, ipapanalangin ko kay Yahweh na
inyong Diyos gaya ng inyong hiniling. Anuman ang mga
tugon ni Yahweh, sasabihin ko sa inyo. Wala akong ililihim
sa inyo.” 5 Sinabi nila kay Jeremias, “Nawa ay maging tunay
at tapat na saksi laban sa atin si Yahweh, kung hindi namin
gagawin ang lahat ng bagay na pinagagawa sa amin ni
Yahweh na iyong Diyos. 6 Maging mabuti man ito o masama,
susundin namin ang tinig ni Yahweh na ating Diyos, na
aming isinusugo sa iyo, nang sa gayon ay makakabuti ito
sa amin kapag susundin namin ang tinig ni Yahweh na
ating Diyos.” 7 At nangyari nga ito pagkaraan ng sampung
araw, dumating kay Jeremias ang salita ni Yahweh. 8 Kaya
tinawag ni Jeremias si Johanan na anak ni Karea at ang
lahat ng mga pinuno ng hukbo kasama niya at ang lahat ng
mga tao mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakadakila. 9
At sinabi niya sa kanila, “Yahweh, ang Diyos ng Israel, na
sa kaniya ninyo ako ipinadala upang maaari kong mailapit
ang inyong pagsamo sa kaniya. Sinasabi ito ni Yahweh, 10
'Kung babalik kayo at maninirahan sa lupaing ito, itatayo
ko kayo at hindi ko kayo ibabagsak; itatanim ko kayo at
hindi bubunutin, sapagkat aalisin ko ang mga sakuna na
dinala ko sa inyo. 11 Huwag kayong matakot sa hari ng
Babilonia, na inyong kinatatakutan. Huwag kayong matakot
sa kaniya sapagkat kasama ninyo ako upang iligtas kayo
at sagipin kayo mula sa kaniyang kamay, ito ang pahayag
ni Yahweh. 12 Sapagkat kaaawaan ko kayo. Mahahabag
ako sa inyo at ibabalik ko kayo sa inyong lupain. 13 Ngunit
ipagpalagay na sinabi ninyo na, “Hindi na kami mananatali
sa lupaing ito”—kung hindi kayo makikinig sa aking tinig,
ang tinig ni Yahweh na inyong Diyos. 14 Ipagpalagay na
sinabi ninyo na, “Hindi! Pupunta kami sa lupain ng Egipto,
kung saan wala kaming makikitang anumang digmaan, kung
saan hindi namin maririnig ang tunog ng trumpeta, at hindi
kami magugutom sa pagkain. Maninirahan kami roon.” 15
Ngayon, makinig kayo sa salitang ito ni Yahweh, kayong
natira ng Juda. Si Yahweh ng mga hukbo na Diyos ng
Israel ang nagsasabi nito, 'Kung nais ninyo talagang umalis
papuntang Egipto, upang pumunta at manirahan doon, 16 at
ang espada na inyong kinatatakutan ay mauunahan kayo
roon sa lupain ng Egipto. Ang taggutom na inyong inaalala
ang hahabol sa inyo sa Egipto. At mamamatay kayo roon.
17 Kaya mangyayari ito na ang lahat ng mga kalalakihang
umalis upang magpunta sa Egipto na maninirahan doon
ay mamamatay sa pamamagitan ng espada, taggutom o
salot. Walang makakaligtas sa kanila, walang sinuman ang
makakatakas sa sakuna na aking dadalhin sa kanila. 18
Sapagkat si Yahweh ng mga hukbo na Diyos ng Israel ang
nagsasabi nito: Tulad ng aking matinding poot at galit na
ibinuhos sa mga naninirahan sa Jerusalem, ganoon din ang
aking galit na ibubuhos ko sa inyo kung pupunta kayo sa
Egipto. Kayo ay magiging isang sinumpaang bagay at isang
katatakutan, isang bagay sa pagsasabi ng mga sumpa, at
isang bagay na kahiya-hiya. At ang lugar na ito ay hindi na
ninyo muli makikita.'” 19 Pagkatapos, sinabi ni Jeremias,
“Nagsalita si Yahweh tungkol sa inyo—ang natira ng Juda.
Huwag kayong pumunta sa Egipto! Natitiyak ko na alam
ninyo na ako ang naging saksi laban sa inyo ngayon. 20
Sapagkat babayaran ninyo ng inyong mga buhay nang
isugo ninyo ako kay Yahweh na inyong Diyos at sinabi na,
'Ipanalangin mo kami kay Yahweh na ating Diyos. Lahat ng
mga bagay na sinasabi ni Yahweh na ating Diyos, sabihin
mo sa amin, at gagawin namin ito. 21 Sapagkat ibinalita
ko sa inyo ngayon, ngunit hindi kayo nakinig sa tinig ni
Yahweh na inyong Diyos o sa anumang bagay tungkol sa
kaniyang ipinadala sa akin para sa inyo. 22 Kaya ngayon,
tiyak na dapat ninyong malaman na mamamatay kayo sa

pamamagitan ng espada, taggutom, at salot sa lugar kung
saan nais ninyong puntahan upang manirahan."

**43** Nangyari na matapos ang pagpapahayag ni Jeremias
sa lahat ng tao ang lahat ng mga salita ni Yahweh na
kanilang Diyos ang nagsabi sa kaniya na sabihin. **2** Sina
Azarias na anak ni Osias, Johanan na anak ni Karea at lahat
ng mga lalaking mayayabang ay sinabi kay Jeremias na,
"Nagsasabi ka ng mga kasinungalingan. Hindi ka isinugo ni
Yahweh na ating Diyos upang sabihin, 'Huwag pumunta
sa Egipto upang manirahan doon.' **3** Sapagkat inuudyukan
ka ni Baruc na anak ni Nerias laban sa amin upang ibigay
kami sa kamay ng mga Caldeo, upang maipapatay mo kami
at upang maging mga bihag kami sa Babilonia." **4** Kaya si
Johanan na anak ni Karea, lahat ng mga prinsipe ng hukbo
at lahat ng mga tao ay tumanggi na pakinggan ang tinig ni
Yahweh na manirahan sa lupain ng Juda. **5** Kinuha lahat
ang natira ng Juda nina Johanan na anak ni Karea at lahat
ng mga pinuno ng hukbo na bumalik mula sa lahat ng bansa
kung saan sila nagkahiwa-hiwalay upang manirahan sa
lupain ng Juda. **6** Kinuha nila ang mga lalaki at mga babae,
mga anak at ang mga anak na babae ng hari at ang bawat
tao na hinayaang manatili ni Nebuzeradan na pinuno ng
tagabantay ng hari kasama si Gedalias na anak ni Ahicam
na anak ni Safan. Kinuha din nila si propeta Jeremias at si
Baruc na anak ni Nerias. **7** Pumunta sila sa lupain ng Egipto,
sa Tafnes, dahil hindi sila nakinig sa tinig ni Yahweh. **8** Kaya
dumating ang salita ni Yahweh kay Jeremias sa Tafnes at
sinabi, **9** "Kumuha ka ng ilang malalaking mga bato sa iyong
kamay, at sa paningin ng mga tao sa Juda, itago mo ito
sa latag ng semento sa pasukan ng bahay ng Faraon sa
Tafnes. **10** At sabihin mo sa kanila, "Ito ang sinasabi ni
Yahweh ng mga hukbo na Diyos ng Israel, 'Tingnan ninyo,
malapit ko ng isugo ang mga mensahero upang kunin si
Nebucadnezar na hari ng Babilonia bilang aking lingkod.
Ilalagay ko ang kaniyang trono sa ibabaw ng mga batong
ito na iyong ibinaon, Jeremias. Ilalagay ni Nabucadnezar
ang kaniyang pabilyon sa ibabaw ng mga ito. **11** Sapagkat
darating siya at lulusubin ang lupain ng Egipto. Sinuman ang
itinalagang mamatay ay ibibigay sa kamatayan. Sinuman ang
itinalagang mabihag ay bibihagin. At ang sinumang itinalaga
sa espada ay maibibigay sa espada. **12** At susunugin ko ang
mga templo ng mga diyus-diyosan ng Egipto. Susunugin
sila o sasakupin ni Nebucadnezar. Lilinisin niya ang lupain
ng Egipto tulad ng mga pastol na nagtatanggal ng kuto sa
kanilang kasuotan. Lalabas siya na matagumpay sa lugar na
iyon. **13** Babasagin niya ang mga batong haligi sa Heliopolis
sa lupain ng Egipto. Susunugin niya ang mga templo ng
mga diyus-diyosan sa Egipto.

**44** Ito ang salitang dumating kay Jeremias tungkol sa
lahat ng mga taga-Juda na nanirahan sa lupain ng
Egipto, ang mga naninirahan sa Migdol, Tafnes, Memfis, at
sa lupain ng Patros. **2** Si Yahweh ng mga hukbo, na Diyos
ng Israel ang nagsasabi nito: nakita ninyo mismo ang lahat
ng kapahamakan na dinala ko sa Jerusalem at sa lahat ng
lungsod ng Juda. Tingnan ninyo, nawasak sila ngayon. Wala
nang kahit isang nanirahan sa kanila. **3** Ito ay dahil sa mga
masasamang bagay na kanilang ginawa upang saktan ako
sa pamamagitan ng pagsunog ng insenso at pagsamba sa
ibang mga diyos. Ang mga ito ay mga diyos na kahit sila
sa kanilang sarili, kahit kayo, kahit ang inyong mga ninuno
ay hindi kilala. **4** Kaya paulit-ulit kong ipinadala sa kanila
ang lahat ng mga lingkod kong propeta. Ipinadala ko sila
upang sabihin, 'Itigil ang paggawa ng mga kasuklam-suklam
na mga bagay na aking kinapopootan.' **5** Ngunit hindi sila
nakinig. Tumanggi silang magbigay pansin o tumalikod sa
kanilang kasamaan sa pagsunog ng insenso sa ibang mga
diyos. **6** Kaya ibinuhos ko ang aking matinding galit at poot
at nagpasiklab ng apoy sa mga lungsod ng Judah at sa
mga lansangan ng Jerusalem. Kaya sila ay naging lugar ng
pagkasira at pagkawasak, gaya ng sa kasalukuyan." **7** Kaya
ito ang sinasabi ngayon ni Yahweh, ang Diyos ng mga hukbo
at ang Diyos ng Israel, "Bakit kayo gumagawa ng matinding
kasamaan laban sa inyong mga sarili? Bakit nagiging sanhi
kayo sa inyong mga sarili na maihiwalay mula sa Juda—mga
kalalakihan at kababaihan, mga bata at mga sanggol?
Walang natira sa inyo ang maiiwan. **8** Sa pamamagitan
ng inyong kasamaan sinaktan ninyo ako sa mga gawa
ng inyong mga kamay, sa pamamagitan ng pagsusunog
ng insenso sa ibang mga diyos sa lupain ng Egipto, na
inyong pinuntahan upang manirahan. Pumunta kayo roon
upang kayo ay malipol, upang kayo ay magiging sumpa at
kahihiyan sa lahat ng mga bansa sa lupa. **9** Nakalimutan na
ba ninyo ang kasamaang ginawa ng inyong mga ninuno at
ang kasamaang ginawa ng mga hari ng Juda at ng kanilang
mga asawa? Nakalimutan na ba ninyo ang mga kasamaang
inyong ginawa at ng inyong mga asawa sa lupain ng Juda at
sa mga lansangan ng Jerusalem? **10** Hanggang sa araw na
ito, hindi pa rin sila nagpakumbaba. Hindi nila ginagalang
ang aking kautusan o mga atas na inilagay ko sa kanilang
harapan at sa kanilang mga ninuno, ni lumakad sila sa mga
ito." **11** Kaya sinabi ito ni Yahweh ng mga hukbo, ang Diyos
ng Israel, "Tingnan ninyo, malapit ko ng ibaling ang aking
mukha laban sa inyo upang magdala ng kapahamakan
sa inyo at upang lipulin ang buong Juda. **12** Sapagkat
kukunin ko ang natira sa Juda na nakatakdang lumabas
upang pumunta sa lupain ng Egipto upang manirahan doon.
Gagawin ko ito upang silang lahat ay mamatay sa lupain

ng Egipto. Mamamatay sila sa pamamagitan ng espada at
taggutom. Mula sa pinakahamak hanggang sa pinakadakila
mamamatay sila sa pamamagitan ng espada at taggutom.
Mamamatay sila at magiging kaganapan ng panunumpa,
pagsusumpa, paninisi at isang kakila-kilabot na bagay. 13
Sapagkat parurusahan ko ang mga taong naninirahan sa
lupain ng Egipto tulad ng pagparusa ko sa Jerusalem sa
pamamagitan ng espada, taggutom at salot. 14 Walang
nakatakas o nakaligtas sa mga natira ng Juda ang pupunta
at maninirahan doon sa lupain ng Egipto na makababalik
sa lupain ng Juda, kahit nais nilang bumalik at manirahan
doon. Walang makababalik sa kanila, maliban sa ilang
makatatakas mula rito." 15 Kaya sumagot ang lahat ng mga
kalalakihang nakakaalam na ang kanilang mga asawa ay
nagsusunog ng insenso sa ibang mga diyos at ang lahat
ng kababaihan na nasa malaking pagtitipon, at lahat ng
mga taong naninirahan sa lupain ng Egipto sa Patros kay
Jeremias. 16 Sinabi nila, "Tungkol sa salita na sinabi mo
sa amin sa pangalan ni Yahweh: Hindi kami makikinig sa
iyo. 17 Sapagkat tiyak na gagawin namin ang lahat ng mga
bagay na aming sinabi na gagawin: magsusunog kami ng
insenso sa Reyna ng Langit at magbubuhos ng mga handog
na inumin sa kaniya, na gaya ng ginawa namin, ng aming
mga ninuno, ng aming mga hari at ng aming mga pinuno sa
mga lungsod ng Juda at sa mga lansangan sa Jerusalem.
At mapupuno tayo ng mga pagkain at sasagana, na hindi
dadanas ng anumang sakuna. 18 Kapag itinigil namin ang
paggawa ng mga bagay na ito, ang hindi maghahandog
ng insenso sa Reyna ng Langit at hindi magbubuhos ng
handog na inumin sa kaniya, makararanas kaming lahat ng
kahirapan at mamamatay sa pamamagitan ng espada at
taggutom." 19 Sinabi ng mga kababaihan, "Noong gumawa
kami ng mga handog na insenso sa harapan ng Reyna
ng Langit at nagbuhos ng inuming mga handog sa kaniya,
ginawa ba namin ang mga bagay na ito na hindi nalalaman
ng aming mga asawa?" 20 Pagkatapos sinabi ni Jeremias sa
lahat ng mga tao—sa mga kalalakihan at kababaihan, at sa
lahat ng mga taong sumagot sa kaniya—nagpahayag siya at
sinabi, 21 "Hindi ba naalala ni Yahweh ang insenso na inyong
sinunog sa mga lungsod ng Juda at sa mga lansangan ng
Jerusalem—kayo at ang inyong mga ninuno, inyong mga
hari at mga pinuno, at ang mga tao sa lupain? Sapagkat
naaalala ito ni Yahweh; at pumasok ito sa kaniyang isipan.
22 Kaya hindi na niya kayang tiisin ito dahil sa inyong mga
masasamang gawain, dahil sa mga kasuklam-suklam na
inyong ginawa. Kaya ang inyong lupain ay naging malungkot,
nakakatakot at isinumpa kaya wala ng nakatira mula sa
araw na ito. 23 Sapagkat kayo ay nagsunog ng insenso at
nagkasala laban kay Yahweh at dahil hindi kayo nakinig
sa kaniyang tinig, sa kaniyang kautusan, sa kaniyang mga
alituntunin, o mga atas ng kasunduan, kaya nangyari laban
sa inyo ang kapahamakang ito hanggang sa kasalukuyan."
24 Pagkatapos sinabi ni Jeremias sa lahat ng tao at sa lahat
ng kababaihan, "Pakinggan ninyo ang salita ni Yahweh, sa
buong Juda na nasa lupain ng Egipto. 25 Ito ang sinasabi
ni Yahweh ng mga hukbo na Diyos ng Israel, 'Kayo at
ang inyong mga asawang babae ang parehong nagsabi
sa pamamagitan ng inyong mga bibig at ginawa ninyo sa
inyong mga kamay kung ano ang inyong sinabi, "Tiyak na
gagawin namin ang panunumpa na aming ginawa upang
sumamba sa Reyna ng Langit, upang magbuhos ng inuming
mga handog sa kaniya." Ngayon tuparin ninyo at gawin ninyo
ang inyong mga sinumpa.' 26 Kaya ngayon, pakinggan ang
salita ni Yahweh, buong Juda na naninirahan sa lupain ng
Egipto, 'Tingnan ninyo, sumumpa ako sa pamamagitan ng
aking dakilang pangalan—sabi ni Yahweh. Hindi na muling
tatawagin kailanman ang aking pangalan sa pamamagitan
ng mga bibig ng kahit na sinumang kalalakihan ng Juda sa
buong lupain ng Egipto, kayong mga nagsasabi ngayon,
"Sapagkat ang Panginoong si Yahweh ay buhay." 27 Tingnan
ninyo, binabantayan ko sila sa kapahamakan at hindi sa
kabutihan. Ang bawat tao ng Juda sa lupain ng Egipto
ay mamamatay sa pamamagitan ng espada at taggutom
hanggang silang lahat ay maubos na. 28 At ang mga
nakaligtas sa espada ay magbabalik mula sa lupain ng
Egipto tungo sa lupain ng Juda, kaunti lamang ang bilang
nila. Kaya lahat ng natirang taga-Juda na nagpunta sa
lupain ng Egipto upang doon manirahan ay malalaman kung
kaninong salita ang mangyayari: sa akin o sa kanila. 29
Ito ang magiging tanda para sa inyo—ito ang pahayag ni
Yahweh—na aking itinakda laban sa inyo sa lugar na ito,
upang malaman ninyo na ang aking mga salita ay tiyak na
sasalakay sa inyo sa pamamagitan ng kapahamakan.' 30
Ito ang sinasabi ni Yahweh, 'Tingnan ninyo, aking ibibigay
si Faraon Hophra, na hari ng Egipto, sa mga kamay ng
kaniyang mga kaaaway at sa mga nagnanais sa kaniyang
buhay. Gaya ito ng pagbigay ko kay Zedekias na hari ng
Juda sa kamay ni Nebucadnezar na hari ng Babilonia, at sa
kaniyang kaaway na naghahangad ng kaniyang buhay."

**45** Ito ang salita na sinabi ni propeta Jeremias kay Baruc
na anak ni Nerias. Nangyari ito nang isinulat niya sa
isang balumbon ang mga salitang ito sa pagsasalaysay ni
Jeremias—ito ay sa ika-apat na taon ni Jehoiakim na anak
ni Josias na hari ng Juda, at sinabi niya, 2 "Baruc, sinasabi
ito sa iyo: 3 Sinabi mo, 'Aba ako, sapagkat nagdagdag si
Yahweh ng matinding paghihirap sa aking kirot. Pinapahina
ako ng aking paghihinagpis; Wala akong masumpungang
kapahingahan.' 4 Ito ang dapat mong sabihin sa kaniya:

'Ito ang sinasabi ni Yahweh: Tingnan mo, kung ano ang
aking itinayo, ako ngayon ang tumitibag nito. Kung ano
ang aking itinanim, ako ngayon ang bumubunot nito. Ito
ay totoo sa buong daigdig. **5** Ngunit umaasa ka ba ng
dakilang mga bagay para sa iyong sarili? Huwag kang
umasa ng ganoon. Sapagkat tingnan mo, darating ang
kapahamakan sa buong sangkatauhan—ito ang pahayag ni
Yahweh—ngunit ibinibigay ko sa iyo ang iyong buhay bilang
iyong ninakaw sa lahat ng dakong iyong pupuntahan.'"

**46** Ito ang salita ni Yahweh na dumating kay propetang
Jeremias tungkol sa mga bansa. **2** Para sa Egipto:
"Tungkol ito sa hukbo ni Faraon Neco na hari ng Egipto,
na nasa Carquemis sa tabi ng Ilog Eufrates. Ito ang
hukbong tinalo ni Nebucadnezar na hari ng Babilonia sa ika-
apat na taon ni Jehoiakim na anak ni Josias, na hari ng
Juda: **3** Ihanda ninyo ang mga maliliit at mga malalaking
kalasag, at sumugod sa labanan. **4** Isingkaw ninyo ang mga
kabayong lalaki at sakyan ninyo ang mga ito, kayong mga
mangangabayo. Humanay kayo, kasama ang inyong mga
helmet na nasa inyong mga ulo. Hasain ninyo ang mga sibat
at isuot ang inyong mga baluti. **5** Ano ang aking nakikita
rito? Napuno sila ng matinding takot at tumatakbo palayo,
sapagkat natalo ang kanilang mga kawal. Tumatakbo sila
upang makaligtas at hindi lumilingon. Ang matinding takot ay
nasa lahat ng dako—ito ang pahayag ni Yahweh— **6** ang
matulin ay hindi makatatakbo palayo, at ang mga kawal ay
hindi makatatakas. Natitisod sila sa hilaga at bumabagsak
sa tabi ng Ilog Eufrates. **7** Sino itong bumabangon tulad ng
Nilo, na iniitsa pataas at pababa ang tubig tulad ng mga
ilog? **8** Bumabangon ang Egipto tulad ng Nilo, at iniitsa
pataas at pababa ang tubig nito tulad ng mga ilog. Sinasabi
nito, 'Babangon ako, tatakpan ko ang lupa. Wawasakin
ko ang mga lungsod at ang mga naninirahan sa mga ito.
**9** Bumangon kayo, mga kabayo. Magalit kayo, kayong
mga karwahe. Palabasin ang mga kawal, Cus at Puth,
mga kalalakihang dalubhasa sa kalasag, at Ludio, mga
kalalakihang dalubhasa sa paghatak ng kanilang mga pana.'
**10** Ang araw na iyon ang magiging araw ng paghihiganti para
sa Panginoong Yahweh ng mga hukbo, at ipaghihiganti niya
ang kaniyang sarili sa kaniyang mga kaaway. Lalamon at
mabubusog ang espada. Iinumin nito ang kanilang dugo
hanggang sa mapuno. Sapagkat magkakaroon ng alay sa
Panginoong Yahweh ng mga hukbo sa hilagang lupain sa
tabi ng Ilog Eufrates. **11** Umakyat ka sa Gilead at kumuha
ng gamot, birheng anak na babae ng Egipto. Wala itong
saysay na naglalagay ka ng maraming gamot sa iyong sarili.
Walang lunas para sa iyo. **12** Nabalitaan ng mga bansa
ang iyong kahihiyan. Napuno ng iyong mga pagtangis ang
lupa, sapagkat natitisod ang kawal laban sa kawal, pareho
silang bumabagsak." **13** Ito ang salitang sinabi ni Yahweh
kay propetang Jeremias nang dumating si Nebucadnezar
na hari ng Babilonia at sinalakay ang lupain ng Egipto: **14**
"Iulat ninyo sa Egipto at hayaang mabalitaan sa Migdol at sa
Memfis. Sa Tafnes, sinabi nila, 'Lumugar kayo at tumindig,
sapagkat nilalamon ng espada ang lahat ng nasa paligid
ninyo. **15** Bakit tumakbo palayo ang inyong diyos na si Apis?
Bakit hindi tumatayo ang inyong diyos na toro? Ibinagsak
siya ni Yahweh. **16** Dinagdagan niya ang bilang ng mga
natitisod. Bumabagsak ang bawat kawal sa sumusunod.
Sinasabi nila, "Bumangon kayo. Umuwi na tayo. Bumalik na
tayo sa ating sariling mga tao, sa ating katutubong lupain.
Iwanan na natin ang espadang ito na tumatalo sa atin." **17**
Ipinahayag nila roon, "Ang Faraon na hari ng Egipto ay
isang ingay lamang, na hinayaang makawala ang kaniyang
pagkakataon." **18** "Sapagkat buhay ako—ito ang pahayag ng
hari—Yahweh ng mga hukbo ang pangalan, may darating
tulad ng Bundok ng Tabor at Bundok ng Carmelo sa tabing-
dagat. **19** Ihanda ninyo para sa inyong mga sarili ang
inyong dalahin para sa pagkabihag, kayong mga anak na
babae na naninirahan sa Egipto. Sapagkat magiging isang
katatakutan at isang pagkawasak ang Memfis upang walang
sinuman ang maninirahan doon. **20** Ang Egipto ay isang
napakagandang batang baka, ngunit dumarating ang isang
nangangagat na insekto mula sa hilaga. Dumarating na
ito. **21** Ang mga upahang kawal sa kaniyang kalagitnaan
ay tila mga pinatabang toro, ngunit tatalikod at tatakbo
rin sila. Hindi sila titindig ng magkakasama, sapagkat ang
araw ng kanilang kapahamakan ay dumarating sa kanila,
ang oras ng kanilang kaparusahan. **22** Sumusutsot at
gumagapang papalayo ang Egipto tulad ng isang ahas,
sapagkat lumalakad laban sa kaniya ang kaniyang mga
kaaway. Lumalakad sila patungo sa kaniya tulad ng mga
namumutol ng kahoy na may mga palakol. **23** Puputulin nila
ang mga kakahuyan—ito ang pahayag ni Yahweh—bagaman
ito ay labis na masikip. Sapagkat mas magiging marami ang
mga kaaway kaysa sa mga balang, hindi sila mabibilang. **24**
Mapapahiya ang anak na babae ng Egipto. Ibibigay siya
sa kamay ng mga taong mula sa hilaga." **25** Sinasabi ni
Yahweh ng mga hukbo, ang Diyos ng Israel, "Tingnan mo,
parurusahan ko si Ammon na taga-Tebes, ang Faraon, ang
Egipto at ang kaniyang mga diyos, ang kaniyang mga haring
Faraon, at ang mga nagtitiwala sa kanila. **26** Ibinibigay
ko sila sa kamay ng mga humahangad sa kanilang mga
buhay, sa kamay ni Nebucadnezar na hari ng Babilonia at
sa kaniyang mga lingkod. At pagkatapos nito, pananahanan
ang Egipto gaya noong unang panahon—ito ang pahayag ni
Yahweh." **27** "Ngunit ikaw, lingkod kong Jacob, huwag kang
matakot. Huwag kang mangamba, Israel, sapagkat tingnan

mo, ibabalik ko kayo mula sa malayo, at ang inyong mga
anak mula sa lupain ng kanilang pagkabihag. Pagkatapos,
manunumbalik si Jacob, makakatagpo ng kapayapaan, at
magiging ligtas, at wala ng sisindak sa kaniya. **28** Ikaw,
lingkod kong Jacob, huwag kang matakot—Ito ang pahayag
ni Yahweh—sapagkat kasama mo ako, kaya magdadala ako
ng ganap na pagkawasak laban sa lahat ng bansa kung
saan ko kayo ikinalat. Ngunit hindi kita lubusang wawasakin.
Gayon pa man, makatarungan kitang didisiplinahin at tiyak
na hindi kita iiwang hindi napaparusahan.'"

**47** Ito ang salita ni Yahweh na dumating kay propetang
Jeremias tungkol sa mga Filisteo. Dumating ang
salitang ito sa kaniya bago sinalakay ni Faraon ang Gaza.
**2** "Sinasabi ito ni Yahweh: Tingnan mo, tumataas ang
maraming tubig sa hilaga. Magiging tulad ng umaapaw
na ilog ang mga ito! Pagkatapos, aapaw ang mga ito sa
lupain at sa lahat ng naroon, sa mga lungsod nito at sa mga
naninirahan dito! Kaya sisisgaw ng tulong ang bawat isa, at
tatangis ang lahat ng mga naninirahan sa lupain. **3** Sa tunog
ng malalakas na pagpadyak ng mga paa ng kanilang mga
kabayo, sa dagundong ng kanilang mga karwahe at ingay
ng kanilang mga gulong, hindi tutulungan ng mga ama ang
kanilang mga anak dahil sa kanilang sariling kahinaan. **4**
Sapagkat darating ang araw na wawasak sa lahat ng mga
Filisteo, upang ihiwalay sa Tiro at Sidon ang bawat nakaligtas
na nagnanais silang tulungan. Sapagkat winawasak ni
Yahweh ang mga Filisteo, ang mga nalalabi mula sa pulo
ng Caftor. **5** Makakalbo ang Gaza. Sa Ashkelon naman,
patatahimikin ang mga taong naiwan sa kanilang mga
lambak. Gaano katagal ninyong susugatin ang inyong mga
sarili sa pagluluksa? **6** Kapighatian, ang espada ni Yahweh!
Gaano katagal hanggang sa manahimik ka? Bumalik ka
sa iyong kaluban! Tumigil ka at manahimik. **7** Paano ka
mananahimik, sapagkat inutusan ka ni Yahweh. Tinawag
ka niya upang salakayin ang Ashkelon at laban sa mga
kapatagan sa tabi ng dagat."

**48** Sinabi ito ni Yahweh ng mga hukbo, ang Diyos ng
Israel para sa Moab, "Kaawa-awa ang Nebo sapagkat
winasak na ito. Ang Kiryataim ay nasakop na at hinamak. Ang
kaniyang kutang tanggulan ay dinurog at naging kahihiyan.
**2** Nawala na ang karangalan ng Moab. Ang kanilang mga
kaaway sa Hesbon ay may masamang balak laban sa
kaniya. Sinabi nila, 'Halikayo at wasakin natin siya bilang
isang bansa. Ang Madmena ay mawawala din— hahabulin
kayo ng isang espada.' **3** Pakinggan ninyo! Isang tunog ng
sumisigaw ang dumarating mula sa Horonaim kung saan
may pagguho at malaking pagkawasak. **4** Nawasak na ang
Moab. Ipinarinig ng kaniyang mga anak ang kanilang pag-
iyak. **5** Umiiyak silang umakyat sa burol ng Luhit, sapagkat sa
daanan pababa ng Horonaim, ang mga hiyawan ay naririnig
dahil sa pagkawasak. **6** Tumakas na kayo! Iligtas ninyo ang
inyong mga buhay at maging tulad ng mga puno ng juniper sa
ilang. **7** Nang dahil sa tiwala ninyo sa inyong mga kaugalian
at kayamanan, kayo ay masasakop. At si Quemos ay ilalayo
at bibihagin kasama ng kaniyang mga pari at mga pinuno. **8**
Sapagkat darating ang mga tagawasak sa bawat lungsod,
walang lungsod ang makakatakas. Kaya ang lambak ay
mamamatay at ang kapatagan ay mawawasak, gaya ng
sinabi ni Yahweh. **9** Bigyan ng pakpak ang Moab sapagkat
tiyak na lilipad ito palayo. Ang kaniyang mga lungsod ay
magiging isang kaparangan kung saan walang maninirahan
sa kanila. **10** Sumpain nawa ang mga tamad sa paggawa
ng mga gawain ni Yahweh! Isumpa nawa ang sinumang
patuloy na ginagamit ang espada sa pagdanak ng dugo! **11**
Naramdaman ng Moab na ligtas siya mula pa sa pagkabata.
Katulad siya ng kaniyang alak na hindi pa naibuhos sa mga
banga. Hindi siya nakaranas ng pagkabihag. Samakatuwid,
ang lasa niya ay nanatiling masarap gaya ng dati, ang
kaniyang linamnam ay hindi nagbago. **12** Kaya tingnan
mo, ang mga araw ay paparating—ito ang pahayag ni
Yahweh— paparating na ang panahon na ipadadala ko ang
mga magpapatiwarik sa kaniya at ibubuhos ang lahat ng
kaniyang palayok at babasagin ang kaniyang mga banga.
**13** Pagkatapos, mapapahiya ang Moab kay Quemos, na
gaya ng sambahayan ng Israel na napahiya sa Bethel na
dahilan ng kanilang pagtitiwala. **14** Paano ninyo masasabi,
'Kami ay mga kawal, mga makapangyarihang mandirigmang
lalaki'? **15** Mawawasak ang Moab at sasalakayin ang
kanilang mga lungsod. Sapagkat ang mga makikisig na
binata nito ay napunta na sa lugar ng patayan. Ito ang
pahayag ng Hari! Yahweh ng mga hukbo ang kaniyang
pangalan. **16** Ang kapahamakan ng Moab ay malapit ng
mangyari, ang mga sakuna ay mabilis na darating. **17**
Kayong lahat na nasa paligid ng Moab, tumangis kayo.
Kayong lahat na nakakaalam sa kaniyang katanyagan,
isigaw ninyo ito, 'Kaawa-awa, ang matibay na tungkod at
ang ikinararangal na pamalo ay nawasak na'. **18** Bumaba
kayo mula sa inyong mga dakilang lugar at umupo kayo sa
tuyong lupa, kayong mga babaeng anak na naninirahan
sa Dibon. Sapagkat sinasalakay ka ng wawasak sa Moab,
siya na sisira sa iyong mga matibay na tanggulan. **19**
Tumayo kayo sa mga lansangan at magbantay, kayong
mga tao na nakatira sa Aroer. Tanungin ninyo ang mga
nagsisitakbuhan at nagsisitakas, sabihin ninyo, 'Ano ang
nangyari?' **20** Ipinahiya na ang Moab, sapagkat dinurog na
ito. Tumangis at tumaghoy. Sumigaw para sa tulong. Sabihin
ito sa mga tao malapit sa Ilog ng Arnon na ang Moab ay

winasak na. 21 Dumating na ngayon ang kaparusahan sa maburol na lupain, sa Holon, Jaza at Mefaat, 22 sa Dibon, Nebo at Beth-Diblataim, 23 sa Kiryataim, Bethgamul at Bethmeon, 24 sa Keriot at Bozra at sa lahat ng lungsod sa lupain ng Moab, sa mga pinakamalayo at pinakamalapit na mga lungsod. 25 Ang sungay ng Moab ay sinibak na, ang kaniyang bisig ay nabali na. Ito ang pahayag ni Yahweh. 26 Lasingin siya, sapagkat nagmayabang siya laban sa akin, akong si Yahweh. Ngayon ay ipinapalakpak ng Moab ang kaniyang mga kamay sa kahihiyan sa sarili niyang suka, kaya naging tampulan na rin siya ng katatawanan. 27 Sapagkat, hindi ba naging tampulan ng katatawanan sa inyo ang Israel? Natagpuan ba siyang isa sa mga magnanakaw kaya umiiling kayo sa tuwing sinasabi ninyo ang tungkol sa kaniya? 28 Kayong mga naninirahan sa Moab, lisanin ninyo ang mga lungsod at magkampo kayo sa mga matarik na dalisdis. Maging tulad ng isang kalapati na nakapugad sa bunganga ng butas sa mga batuhan. 29 Narinig namin ang pagmamataas ng Moab, ang kaniyang kapalaluan, ang kaniyang kayabangan, ang kaniyang pagmamalaki, ang kaniyang pansariling kaluwalhatian, at ang kaniyang kahambugan sa kaniyang puso. 30 Ito ang pahayag ni Yahweh—alam ko mismo ang kaniyang mga mapanghamon na pananalitang walang pakinabang, tulad ng kaniyang mga gawa. 31 Kaya hahagulhol ako ng pagtatangis para sa Moab at sisigaw ako sa pighati para sa lahat ng tao ng Moab. Mananaghoy ako para sa mga tao ng Kir-heres 32 Tatangis ako sa inyo ng higit sa pagtatangis ko sa Jazer, sa iyo na puno ng ubas ng Sibma! Ang iyong mga sanga ay lumampas sa Dagat na Asin at umabot hanggang sa Jazer. Nilusob ng mga tagawasak ang iyong mga bunga sa tag-araw at ang iyong alak. 33 Kaya ang pagdiriwang at pagsasaya ay kinuha na mula sa mga bungang-kahoy sa lupain ng Moab. Pinatigil ko na ang alak mula sa mga pigaan ng ubas. Hindi na sila yayapak ng may sigaw ng kasiyahan. Anumang sigaw ay hindi na magiging sigaw ng kasiyahan. 34 Mula sa mga sigaw sa Hesbon hanggang sa Eleale, ang kanilang tunog ay narinig sa Jajaz, mula sa Zoar hanggang sa Horonaim at Eglat-selisiya, sapagkat kahit ang mga katubigan sa Nimrim ay natuyo na. 35 Sapagkat tatapusin ko ang sinuman sa Moab na mag-aalay ng handog sa mga dambana at sa sinumang magsusunog ng insenso sa kaniyang mga diyos. Ito ang pahayag ni Yahweh. 36 Kaya ang puso ko ay tumatangis para sa Moab na katulad ng isang plauta. Ang puso ko ay tumatangis na katulad ng mga plauta para sa mga tao ng Kir-Heres. Ang mga kayamanang natamo nila ay nawala na. 37 Sapagkat ang bawat ulo ay kinalbo na, lahat ng balbas ay inahit na. May mga hiwa sa bawat kamay at ang telang magaspang ay nasa kanilang mga baywang. 38 Mayroong pagtatangis sa lahat ng dako, sa bawat bubungan sa Moab at sa kaniyang mga plasa. Sapagkat sinira ko ang Moab na gaya ng paso na walang may gusto. Ito ang mga pahayag ni Yahweh. 39 Paano ito nadurog! Paano sila humagulgol sa kanilang pananaghoy! Tumalikod ang Moab sa kahihiyan. Kaya ang Moab ay magiging tampulan ng panunukso at katatakutan sa lahat ng nakapalibot sa kaniya. 40 Sapagkat ito ang sinasabi ni Yahweh, “Tingnan, ang mga kaaway ay darating na katulad ng lumilipad na agila, na nakaunat ang mga pakpak sa ibabaw ng Moab. 41 Ang Keriot ay nabihag at ang kaniyang mga matibay na tanggulan ay nasakop. Sapagkat sa araw na iyan, ang puso ng mga kawal ng Moab ay magiging katulad ng mga puso ng mga babaeng nanganganak. 42 Kaya ang Moab ay mawawasak na tulad ng isang tao dahil sila ay nagmalaki laban sa akin, akong si Yahweh. 43 Mga naninirahan sa Moab, darating sa inyo ang katatakutan at ang hukay at isang patibong. Ito ang pahayag ni Yahweh. 44 Ang sinumang tumakas dahil sa malaking takot ay mahuhulog sa hukay at sinumang aakyat palabas ng hukay ay mahuhuli sa patibong. Sapagkat ipadadala ko ang lahat ng ito sa taon ng aking paghihiganti laban sa kanila. Ito ang pahayag ni Yahweh. 45 Ang mga tumatakas ay tatayo sa anino ng Hesbon na walang anumang lakas, sapagkat magmumula ang sunog sa Hesbon, liliyab mula sa kalagitnaan ng Sihon. Lalamunin nito ang noo ng Moab at ang ibabaw ng mga ulo ng mga taong mayayabang. 46 Kaawa-awa ka, Moab! Ang mga tao ni Quemos ay nawasak na. Sapagkat ang iyong mga anak na lalaki ay kinuhang bihag at binihag ang iyong mga anak na babae. 47 Ngunit ibabalik ko ang kayamanan ng Moab sa mga huling araw. Ito ang pahayag ni Yahweh.” Dito nagtatapos ang paghuhukom sa Moab.

**49** Tungkol sa mga tao ng Ammon, ito ang sinasabi ni Yahweh, “Wala bang mga anak ang Israel? Wala bang magmamana ng anumang bagay sa Israel? Bakit naninirahan si Molek sa Gad at naninirahan ang kaniyang mga tao sa mga lungsod nito? 2 Kaya tingnan ninyo, darating ang mga araw—ito ang pahayag ni Yahweh—na patutunugin ko ang hudyat para sa digmaan laban sa Rabba sa mga tao ng Ammon, kaya ito ay magiging pinabayaang bunton at ang mga anak na babae nito ay magsisindi ng apoy. Sapagkat aangkinin ng Israel ang mga umangkin sa kaniya,” sinabi ni Yahweh. 3 “Humagulgol ka sa pagtangis, Hesbon, sapagkat mawawasak ang Ai! Sumigaw kayo, mga anak na babae ng Rabba! Magsuot kayo ng telang magaspang. Tumangis at magsitakbo kayo nang walang saysay sapagkat mabibihag si Molek kasama ng kaniyang mga pari at mga pinuno. 4 Bakit ninyo ipinagmamalaki ang

inyong lakas? Ang inyong lakas ay lilipas, mga anak na
babaeng walang pananampalataya, kayo na nagtitiwala
sa inyong kayamanan. Sinasabi ninyo, 'Sinong lalaban sa
akin?' **5** Tingnan ninyo, padadalhan ko kayo ng matinding
takot—ito ang pahayag ni Yahweh, ang Panginoon ng mga
hukbo—magmumula ang matinding takot na ito sa lahat ng
pumapalibot sa inyo. Ang bawa't isa sa inyo ay kakalat sa
harapan nito. Walang magtitipon sa mga tumatakbo palayo.
**6** Ngunit pagkatapos nito, ibabalik ko ang kayamanan ng
mga tao ng Amon—ito ang pahayag ni Yahweh." **7** Tungkol
sa Edom, ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo, "Wala
na bang karunungan na matatagpuan sa Teman? Naglaho
na ba ang magandang payo mula sa mga may pang-unawa?
Nawala na ba ang kanilang karunungan? **8** Tumakas kayo!
Umalis kayo! Manatili sa mga butas sa lupa, mga naninirahan
sa Dedan. Sapagkat dadalhin ko ang kapahamakan ni Esau
sa kaniya sa panahon na parurusahan ko siya. **9** Kung
pumunta sa inyo ang mga taga-ani ng ubas, hindi ba magtitira
sila ng kaunti? Kung dumating ang mga magnanakaw sa
gabi, hindi ba nanakawin lamang nila ang kasindami ng
naisin nila? **10** Ngunit hinubaran ko si Esau. Inilantad ko
ang kaniyang mga taguan kaya hindi niya maitatago ang
kaniyang sarili. Nilipol ang kaniyang mga anak, mga kapatid
na lalaki at mga kapitbahay at siya ay wala na. **11** Iwan
ninyo ang inyong mga ulilang anak. Iingatan ko ang kanilang
buhay at mapagkakatiwalaan ako ng inyong mga balo." **12**
Sapagkat ito ang sinasabi ni Yahweh, "Tingnan ninyo, ang
mga hindi nararapat dito ay dapat uminom ng kaunti sa
tasa. Iniisip ba ninyo na aalis kayo ng walang kaparusahan?
Hindi, sapagkat tiyak na iinom kayo. **13** Sapagkat sumumpa
ako sa aking sarili—ito ang pahayag ni Yahweh—na ang
Bozra ay magiging katatakutan, kahihiyan, kasiraan at isang
bagay na gagamitin sa pagsumpa. Ang lahat ng lungsod
nito ay magiging wasak magpakailanman. **14** Narinig ko
ang balita mula kay Yahweh, at isang mensahero ang
ipinadala sa mga bansa, 'Magsama-sama kayo at salakayin
siya. Maghanda kayo para sa digmaan.' **15** "Sapagkat
tingnan ninyo, ginawa ko kayong maliit kumpara sa ibang
bansa na kinasuklaman ng mga tao. **16** Sa inyong pagiging
nakakatakot, nilinlang kayo ng pagmamalaki ng inyong
puso, kayong mga naninirahan sa mga lugar sa talampas,
kayo na tumira sa mga pinakamataas na burol upang
pataasin ang inyong mga pugad tulad ng agila. Ibababa ko
kayo mula roon—ito ang pahayag ni Yahweh. **17** Magiging
katatakutan ang Edom sa lahat ng mapapadaan dito. Ang
bawat taong iyon ay manginginig at susutsot dahil sa lahat
ng kapahamakan nito. **18** Katulad ng pagbagsak ng Sodoma
at Gomora at ng kanilang mga kalapit na bayan," sinasabi ni
Yahweh, "wala ni isang titira roon; walang taong mananatili
roon. **19** Tingnan ninyo, aakyat siya na gaya ng isang leon
na mula sa gubat ng Jordan papunta sa berdeng lupaing
pastulan. Sapagkat bigla kong patatakbuhin ang Edom
mula rito at maglalagay ako ng isang taong mapipiling
mamahala rito. Sapagkat sino ang katulad ko, at sino ang
magpapatawag sa akin? Anong pastol ang may kakayahang
labanan ako? **20** "Kaya makinig kayo sa mga balak na
ipinasya ni Yahweh laban sa Edom, ang mga balak na
kaniyang binuo laban sa mga naninirahan sa Teman. Tiyak
na kakaladkarin sila palayo, kahit na ang pinakamaliit na
kawan. Magiging wasak na lugar ang kanilang mga lupang
pastulan. **21** Sa tunog ng kanilang pagbagsak, mayayanig
ang mundo. Maririnig sa dagat ng Tambo ang tunog ng mga
sigaw ng pagkabalisa. **22** Tingnan ninyo, may sasalakay
na gaya ng isang agila, at lilipad pababa at ibubuka ang
kaniyang pakpak sa Bozra. At sa araw na iyon, ang mga
puso ng mga kawal ng Edom ay magiging katulad ng
puso ng babaing malapit ng manganak." **23** Tungkol sa
Damasco: "Mapapahiya ang Hamat at Arpad sapagkat
nakarinig sila ng balita ng kapahamakan. Natutunaw sila!
Nabagabag sila katulad ng dagat, na hindi mapanatiling
mapayapa. **24** Naging napakahina ng Damasco. Tumatalikod
ito upang tumakas; binalot ito ng matinding takot. Binalot
ito ng pagkabalisa at sakit, katulad ng sakit ng babaing
nanganganak. **25** Sinasabi ng mga tao, 'Kumusta ang tanyag
na lungsod, ang lungsod kung saan ako nagalak, hindi pa
nililisan?' **26** Kaya ang mga binata nito ay babagsak sa
mga plasa nito at lahat ng mandirigmang kalalakihan ay
mamamatay sa araw na iyon—ito ang pahayag ni Yahweh
ng mga Hukbo." **27** "Sapagkat magsisindi ako ng apoy sa
pader ng Damasco, at lalamunin nito ang mga matibay
ng tanggulan ni Ben-hadad." **28** Tungkol sa Kedar at sa
mga kaharian ng Hazor, ito ang sinasabi ni Yahweh kay
Nebucadnezar (sasalakayin ni Nebucadnezar na hari ng
Babilonia ang mga lugar na ito): "Bumangon ka at salakayin
ang Kedar at sirain ang mga taong iyon sa silangan. **29**
Kukunin ng kaniyang hukbo ang kanilang mga tolda at ang
kanilang mga kawan, ang kanilang mga tabing ng tolda at
lahat ng kanilang mga kagamitan. Kukunin nila ang kanilang
mga kamelyo mula sa mga tao ng Kedar at isisigaw sa
kanila, 'Katakot-takot ang nasa lahat ng dako!" **30** Tumakas
kayo! Magpagala-gala kayo sa malayo! Manatili kayo sa mga
butas sa lupa, mga nananahan sa Hazor—ito ang pahayag
ni Yahweh— sapagkat bumuo ng plano si Nebucadnezar na
hari ng Babilonia laban sa inyo. Tumakas kayo! Bumalik
kayo! **31** Bumangon kayo! Salakayin ninyo ang bansang
payapa, na naninirahan ng ligtas," sinabi ni Yahweh. "Wala
silang tarangkahan o rehas, at namumuhay ng mag-isa ang
mga tao nito. **32** Sapagkat ang kanilang mga kamelyo ay

magiging nakaw, at ang kasaganaan ng kanilang ari-arian ay
magiging nakaw sa digmaan. Pagkatapos ay ikakalat ko sa
bawat hangin ang mga pumutol ng kanilang mga buhok at
magdadala ako sa kanila ng kapahamakan mula sa bawat
panig—ito ang pahayag ni Yahweh. **33** Magiging lungga
ng asong-gubat ang Hazor, isang ganap na pinabayaang
lupa. Walang maninirahan doon, walang taong mananatili
roon." **34** Ito ang salita ni Yahweh na dumating kay Jeremias
na propeta tungkol sa Elam. Nangyari ito sa simula ng
paghahari ni Zedekias na hari ng Juda, at sinabi niya,
**35** "Ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga Hukbo: Tingnan
ninyo, babasagin ko ang lalaking mamamana ng Elam,
ang pangunahing bahagi ng kanilang kapangyarihan. **36**
Sapagkat dadalhin ko ang apat na hangin mula sa apat na
sulok ng kalangitan at ikakalat ko ang mga tao ng Elam sa
lahat ng hangin na iyon. Walang bansang hindi pupuntahan
ng mga taong nakakalat mula sa Elam. **37** Kaya dudurugin ko
ang Elam sa harapan ng kaniyang kaaway at sa harapan ng
mga naghahangad ng kaniyang buhay, sapagkat magdadala
ako ng kapahamakan laban sa kanila, ang bagsik ng aking
galit—ito ang pahayag ni Yahweh—at ipadadala ko ang
espada hanggang sa mapuksa ko sila. **38** Pagkatapos ay
ilalagay ko ang aking trono sa Elam at wawasakin ko roon
ang hari at mga pinuno nito—ito ang pahayag ni Yahweh—
**39** at mangyayari sa darating na araw na ibabalik ko ang
kayamanan ng Elam—ito ang pahayag ni Yahweh."

**50** Ito ang salita na ipinahayag ni Yahweh tungkol sa
Babilonia, ang lupain ng mga Caldeo sa pamamagitan
ni Jeremias na propeta, **2** "Ipahayag mo sa mga bansa at
maging dahilan upang makinig sila. Magbigay ka ng isang
hudyat at maging dahilan upang makinig sila. Huwag mo
itong ilihim at sabihin mo, "Nasakop na ang Babilonia at
nalagay na sa kahihiyan ang Bel. Nanlupaypay na ang
Merodac. Nalagay sa kahihiyan ang kanilang mga diyus-
diyosan, nasira ang mga imahen nito.' **3** Isang bansa mula
sa hilaga ang lilitaw laban dito, upang gawing malagim
ang kaniyang lupain. Walang maninirahan dito, tao man o
mabangis na hayop. Tatakas sila palayo. **4** Sa mga araw na
iyon at sa oras na iyon, ang mga tao ng Israel at ang mga
tao ng Juda ay sama-samang iiyak at hahanapin si Yahweh
na kanilang Diyos. Ito ang pahayag ni Yahweh. **5** Tatanungin
nila ang daan papuntang Zion at tutungo sila roon. Pupunta
sila at makikipag-isa kay Yahweh para sa isang tipan na hindi
masisira kailanman. **6** Mga nawawalang kawan ang aking
mga tao. Hinayaan sila ng kanilang mga pastol na maligaw
sa mga bundok at inilayo sila sa mga burol. Pumunta sila
at nakalimutan nila ang lugar kung saan sila nanirahan. **7**
Nilapa sila ng mga nakatagpo sa kanila. Sinabi ng kanilang
mga kaaway, "Wala kaming kasalanan dahil nagkasala sila
kay Yahweh, ang tunay nilang tahanan, si Yahweh ang pag-
asa ng kanilang mga ninuno.' **8** Umalis kayo sa kalagitnaan
ng Babilonia, umalis kayo sa lupain ng mga Caldeo at
maging gaya ng isang lalaking kambing na umaalis bago pa
magawa ng ibang kawan. **9** Dahil makikita ninyo, pakikilusin
at pababangunin ko ang isang grupo ng mga dakilang
bansa mula sa hilaga laban sa Babilonia. Ihahanay nila
ang kanilang mga sarili laban sa kaniya. Dito mabibihag
ang Babilonia. Tulad ng isang bihasang mandirigma ang
kanilang mga palaso na hindi bumabalik na walang dala.
**10** Magiging isang nakaw ang Caldeo. Masisiyahan ang
lahat ng magnanakaw nito. Ito ang pahayag ni Yahweh.
**11** Nagalak kayo, ipinagdiwang ninyo ang pagnanakaw
sa aking mana; tumalon kayo na gaya ng isang baka na
pumapadyak sa kaniyang pastulan, at humalinghing kayo na
gaya ng isang malakas na kabayo. **12** Kaya malalagay sa
kahihiyan ang inyong ina at mapapahiya ang nagluwal sa
inyo. Tingnan ninyo, siya ang magiging pinakamaliit sa mga
bansa, magiging isang ilang, isang tuyong lupain at isang
disyerto. **13** Dahil sa galit ni Yahweh, walang maninirahan sa
Babilonia, bagkus, magiging ganap na wasak. Manginginig
ang lahat ng dadaan dito dahil sa Babilonia at susutsot dahil
sa lahat ng kaniyang mga sugat. **14** Ihanay ninyo ang inyong
mga sarili na nakapalibot laban sa Babilonia. Kailangan
patamaan siya ng bawat papana sa kaniya. Huwag kayong
magtitira ng inyong mga palaso, dahil nagkasala siya laban
kay Yahweh. **15** Sumigaw kayo ng katagumpayan laban
sa kaniya ang lahat ng nakapalibot sa kaniya. Isinuko
na niya ang kaniyang kapangyarihan, bumagsak na ang
kaniyang mga tore. Nasira na ang kaniyang mga pader
dahil ito ang paghihiganti ni Yahweh. Maghiganti kayo sa
kaniya! Gawin ninyo sa kaniya kung ano ang ginawa niya sa
ibang mga bansa! **16** Wasakin ninyo ang manghahasik at
ang gumagamit ng karit sa oras ng pag-aani sa Babilonia.
Hayaan ninyong bumalik ang bawat tao sa kaniyang sariling
bayan mula sa espada ng mga taong mapang-api, hayaan
ninyo silang makatakas sa kanilang sariling lupain. **17** Parang
isang tupa ang Israel na nakakalat at itinataboy ng mga
leon. Una, nilapa siya ng hari ng Asiria at matapos nito, si
Nebucadnezar na hari ng Babilonia ay binali ang kaniyang
mga buto. **18** Kaya ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga
hukbo na Diyos ng Israel: Tingnan ninyo, parurusahan ko
ang hari ng Babilonia at ang kaniyang lupain, katulad ng
pagparusa ko sa hari ng Asiria. **19** Ibabalik ko ang Israel sa
kaniyang sariling bayan; manginginain siya sa Carmel at sa
Basan. At masisiyahan siya sa burol ng bansang Efraim at
Gilead. **20** Sa mga araw na iyon at sa oras na iyon, sinabi ni
Yahweh, uusigin ang kasamaan sa Israel, ngunit walang
matatagpuan. Tatanungin ko ang mga kasalanan ng Juda

ngunit walang matatagpuan dahil patatawarin ko ang natira
na aking iniligtas." **21** "Tumindig kayo laban sa lupain ng
Merataim, labanan ninyo ito at ang mga naninirahan na
Pekod. Patayin ninyo sila ng mga espada at itakda ang
mga ito para sa pagkawasak, gawin ninyo ang lahat ng
aking inuutos. Ito ang pahayag ni Yahweh. **22** Ang ingay ng
digmaan at matinding pagkawasak ay nasa lupain. **23** Kung
gaano nasira at nawasak ang pamukpok sa lahat ng mga
lupain. Kung gaano naging katakot-takot ang Babilonia sa
buong bansa. **24** Naghanda ako ng isang bitag para sa inyo.
Nabihag kayo Babilonia at hindi ninyo ito alam! Natagpuan
kayo at nasakop nang hinamon ninyo ako, si Yahweh. **25**
Binuksan ni Yahweh ang kaniyang taguan ng sandata at
ilalabas niya ang kaniyang mga sandata dahil sa kaniyang
galit. May gawain ang Panginoong Yahweh ng mga hukbo sa
lupain ng mga Caldeo. **26** Salakayin ninyo siya sa kalayuan.
Buksan ninyo ang kaniyang mga kamalig at isalansan
siya na parang tambak ng butil. Itakda ninyo siya para sa
pagkawasak. Huwag kayong magtitira para sa kaniya. **27**
Patayin ninyo ang lahat ng kaniyang mga toro at dalhin ninyo
sila sa lugar ng katayan. Kaawa-awa sila dahil dumating na
ang kanilang araw, ang oras ng kanilang kaparusahan. **28**
Magkakaroon ng ingay sa mga tumatakas, sa mga nakaligtas
mula sa lupain ng Babilonia. Ito ang magiging kapahayagan
sa paghihiganti ni Yahweh na ating Diyos para sa Zion, at
ang paghihiganti sa kaniyang templo." **29** "Ipatawag ang
mga mamamana laban sa Babilonia, ang lahat ng mga
bumabaluktot ng kanilang mga pana. Magkampo kayo laban
sa kaniya, at huwag hayaang may makatakas. Gantihan
ninyo siya sa kaniyang mga nagawa. Gawin din ninyo sa
kaniya ayon sa sukat na kaniyang ginamit. Dahil kinalaban
niya si Yahweh, ang Banal ng Israel. **30** Kaya babagsak
ang kaniyang mga tauhan sa lansangan ng mga lungsod
at mawawasak ang lahat ng kaniyang mga mandirigma sa
araw na iyon. Ito ang pahayag ni Yahweh." **31** "Tingnan
ninyo, ako ay laban sa inyo, kayong mga palalo, sapagkat
dumating na ang inyong araw, kayong mga palalo, ang oras
na parurusahan ko kayo. Ito ang pahayag ng Panginoong
Yahweh ng mga hukbo. **32** Kaya madadapa at babagsak
ang mga palalo. Walang sinuman ang makapagpapabangon
sa kanila. Magpapaningas ako ng apoy sa kanilang mga
lungsod at tutupukin nito ang lahat ng nakapalibot sa kaniya.
**33** Sinabi ito ni Yahweh ng mga hukbo: pinahirapan ang mga
tao sa Israel kasama ang mga tao sa Juda. Hawak pa din
sila ng lahat ng mga dumakip sa kanila at tumanggi sila
na hayaan silang makatakas. **34** Malakas ang magliligtas
sa kanila. Yahweh ng mga hukbo ang kaniyang pangalan.
Tiyak na ipagtatanggol niya ang kanilang kalagayan upang
magkaroon ng kapahingaan sa lupain at upang magkaroon
ng alitan ang mga naninirahan sa Babilonia. **35** Laban sa
mga Caldeo ang espada at laban sa mga naninirahan sa
Babilonia, sa kaniyang mga pinuno at sa kaniyang mga
matatalinong kalalakihan. Ito ang pahayag ni Yahweh. **36**
Darating ang espada laban sa mga magsasabi ng mga
salitang paghula upang ihayag ang kanilang mga sarili bilang
mga hangal. Darating ang espada laban sa kaniyang mga
kawal kaya mababalot sila ng matinding takot. **37** Darating
ang espada laban sa kanilang mga kabayo, sa kanilang
mga karwahe at ang lahat ng mga taong nasa kalagitnaan
ng Babilonia upang maging katulad sila ng isang babae.
Darating ang espada laban sa kaniyang mga imbakan at
mananakaw ang mga ito. **38** Darating ang espada laban
sa kaniyang mga katubigan kaya matutuyo ang mga ito.
Sapagkat lupain siya ng mga walang makabuluhang diyus-
diyosan at kumikilos sila na tulad ng mga taong nababaliw
sa kanilang kakila-kilabot na mga diyus-diyosan. **39** Kaya
maninirahan ang mga mababangis na hayop sa disyerto
kasama ng mga asong-gubat at maninirahan din sa kaniya
ang mga inakay ng mga avestruz. At kahit kailan, wala ng
maninirahan dito. Hindi na maninirahan dito ang anumang
sali't salinlahi. **40** Tulad nang kung paano pinabagsak ni
Yahweh ang Sodoma at Gomorra at ang kanilang mga
karatig na walang maninirahan doon, walang sinuman ang
mananatili roon. Ito ang pahayag ni Yahweh " **41** Tingnan
ninyo, darating ang mga tao mula sa hilaga, sapagkat
magsasama-sama ang mga makapangyarihang bansa at
mga hari mula sa malayong lupain. **42** Magdadala sila ng
mga pana at mga sibat. Malulupit sila at walang awa. Gaya
ng ugong ng dagat ang kanilang tunog at nakasakay sila
sa mga kabayo na tila nakaayos na mandirigma laban sa
inyo, anak ng Babilonia. **43** Narinig ng hari ng Babilonia ang
kanilang balita at nanlupaypay ang kaniyang mga kamay
dahil sa pagkabalisa. Nilamon siya ng pagdadalamhati na
tulad ng isang babaeng manganganak. **44** Tingnan ninyo!
Aakyat siya na parang isang leon sa kaitaasan ng Jordan
patungo sa lugar ng kanilang pastulan sapagkat agad ko
silang itataboy mula rito at ako ang magtatalaga kung sino
ang mapipiling mamamahala rito. Sapagkat sino ang katulad
ko at sino ang magpapatawag sa akin? Sinong pastol ang
lalaban sa akin? **45** Kaya makinig kayo sa mga balak ni
Yahweh na kaniyang napagpasiyahan na gawin laban sa
Babilonia, ang mga layunin na kaniyang binalak laban sa
lupain ng mga Caldeo. Tiyak na maitataboy sila palayo kahit
pa ang mga maliliit na kawan. Magiging wasak na lugar ang
kanilang mga pastulan. **46** Mayayanig ang lupa sa ingay ng
pagkabihag ng Babilonia, at maririnig sa buong bansa ang
kanilang sigaw ng pagdadalamhati."

**51** “Ito ang sinasabi ni Yahweh, tingnan ninyo, pupukawin
ko ang isang hangin ng pagkawasak laban sa Babilonia
at laban sa mga nakatira sa Leb Kamai. **2** Magpapadala
ako ng mga dayuhan sa Babilonia. Ikakalat nila ito at
wawasaking ganap ang kaniyang lupain, sapagkat darating
sila laban sa kaniya mula sa lahat ng dako sa araw ng
malaking sakuna. **3** Huwag ninyong hayaang mahatak ng
mga mamamana ang kanilang mga pana, huwag ninyo
silang hayaang makapagsuot ng baluti. Huwag kayong
magtira ng mga kabataang lalaki, itakda ninyo ang kaniyang
buong hukbo sa pagkawasak. **4** Sapagkat ang mga taong
sugatan ay babagsak sa mga lupain ng mga Caldeo, ang
mga pinatay ay babagsak sa kaniyang mga lansangan.
**5** Sapagkat ang Israel at ang Juda ay hindi pinabayaan
ng kanilang Diyos, si Yahweh ng mga hukbo, kahit na
ang kanilang lupain ay puno ng mga ginawang paglabag
laban sa Kaniya na Banal ng Israel. **6** Lumayo kayo sa
kalagitnaan ng Babilonia, hayaang iligtas ng bawat tao ang
kaniyang sarili. Huwag kayong malilipol sa kaniyang labis
na malaking kasalanan. Sapagkat ito na ang panahon ng
paghihiganti ni Yahweh. Pababayaran niya ang lahat ng ito
sa kaniya. **7** Ang Babilonia ay isang gintong kopa sa kamay
ni Yahweh na naging dahilan ng pagkalasing ng buong
lupain, ininom ng mga bansa ang kaniyang alak at nabaliw.
**8** Ang Babilonia ay biglaang babagsak at mawawasak.
Tumangis para sa kaniya! Bigyan siya ng gamot para sa
kaniyang karamdaman, baka sakaling siya ay gumaling. **9**
'Hinangad naming lunasan ang Babilonia ngunit hindi siya
gumaling. Siya ay iwanan nating lahat at lumayo patungo sa
sarili nating lupain. Sapagkat ang kaniyang pagkakasala ay
umaabot na sa mga kalangitan, patung-patong ang mga ito
hanggang sa mga ulap.' **10** 'Inihayag ni Yahweh ang ating
kawalan ng kasalanan. Halina kayo, sabihin natin sa Zion
ang mga ginawa ni Yahweh na ating Diyos.' **11** Patalasin
ninyo ang inyong mga palaso at kunin ang mga panangga.
Pinapakilos na ni Yahweh ang espiritu ng hari ng Medes
para sa layuning wasakin ang Babilonia. Ito ay para sa
paghihiganti ni Yahweh, paghihiganti para sa pagkawasak
ng kaniyang templo. **12** Itaas ninyo ang bandila sa ibabaw
ng mga pader ng Babilonia at ilagay sa pwesto ang mga
taga-bantay. Italaga ninyo ang mga magbabantay at ikubli
ang mga kawal upang hulihin ang sinumang tumatakbo mula
sa lungsod, sapagkat gagawin ni Yahweh ang kaniyang
mga plano. Gagawin niya ang kaniyang ipinahayag laban
sa mga naninirahan sa Babilonia. **13** Kayong mga taong
naninirahan sa maraming dumadaloy na tubig, kayong mga
taong sagana sa kayamanan, dumating na ang inyong
katapusan. Ang mitsa ng inyong buhay ngayon ay pinaikli
na. **14** Si Yahweh ng mga hukbo ay nanumpa ayon sa
kaniyang sariling buhay, “Pupunuin ko kayo ng inyong mga
kalaban, katulad ng isang salot ng mga balang, isisigaw sila
ng isang pandigma laban sa iyo.” **15** Ginawa niya ang lupa
sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan, inilagay niya
sa kaayusan ang mundo ayon sa kaniyang karunungan.
Sa pamamagitan ng kaniyang pang-unawa, pinalawak niya
ang kalangitan. **16** Kapag ginagawa niya ang mga kulog,
mayroong dagundong ng mga tubig sa mga kalangitan,
sapagkat itinataas niya ang ambon mula sa mga hangganan
ng sanlibutan. Gumagawa siya ng kidlat para sa ulan at
nagpapadala ng hangin mula sa kaniyang mga kamalig. **17**
Ang bawat tao ay nagiging tulad ng isang hayop na walang
kaalaman, ang bawat manggagawa ng bakal ay ipinapahiya
ng kaniyang mga diyus-diyosan. Sapagkat ang inanyuang
mga imahe ay mga panlilinlang, walang buhay sa kanila. **18**
Wala silang pakinabang, gawa ng mga manloloko, malilipol
sila sa oras ng kanilang kaparusahan. **19** Ngunit ang Diyos
na kabahagi ni Jacob ay hindi katulad ng mga ito, sapagkat
siya ang humuhubog sa lahat ng bagay. Ang Israel ang tribu
ng kaniyang mana. Yahweh ng mga hukbo ang kaniyang
pangalan. **20** Ikaw ang aking martilyong pandigma, ang
aking sandata sa labanan. Sa pamamagitan mo, dudurugin
ko ang mga bansa at sisirain ang mga kaharian. **21** Sa
pamamagitan mo, dudurugin ko ang mga kabayo at ang
kanilang mga sakay. Sa pamamagitan mo dudurugin ko
ang mga pandigmang karwahe pati ang nagpapatakbo nito.
**22** Sa pamamagitan mo, dudurugin ko ang bawat lalaki at
babae, sa pamamagitan mo, dudurugin ko ang matanda at
bata. Sa pamamagitan mo, dudurugin ko ang mga binata at
mga babaeng birhen. **23** Sa pamamagitan mo, dudurugin
ko ang mga nagpapastol at ang kanilang mga kawan, Sa
pamamagitan mo, dudurugin ko ang mga nag-aararo at
ang kanilang mga kasama. Sa pamamagitan mo, dudurugin
ko ang mga namumuno at ang mga opisyal. **24** Para sa
inyong paningin, pagbabayarin ko ang Babilonia at lahat ng
naninirahan sa Caldea dahil sa lahat ng masamang ginawa
nila sa Zion— Ito ang pahayag ni Yahweh.” **25** “Tingnan mo,
ako ay laban sa iyo, sa iyo na bundok, sa iyo na pumatay
sa ibang tao—ito ang pahayag ni Yahweh—na winawasak
ang lahat sa mundo. Hahampasin kita sa pamamagitan ng
aking kamay at ihuhulog ka sa mga bangin. Pagkatapos ay
gagawin kitang bundok na lubusang nasunog. **26** Upang
hindi sila kailanman kukuha ng mga bato mula sa iyo upang
gumawa ng pundasyon ng isang gusali, dahil magiging
ganap kang kasiraan magpakailanman—ito ang pahayag ni
Yahweh.” **27** “Magtaas kayo ng isang bandila sa mundo.
Hipan ninyo ang trumpeta sa lahat ng mga bansa. Italaga
ninyo ang mga bansa upang lusubin siya. Ipamalita ninyo
sa mga kaharian ng Ararat, Mini at Askenaz ang tungkol

sa kaniya, magtalaga kayo ng isang pinuno ng mga kawal
upang salakayin siya, magdala kayo ng mga kabayo tulad ng
napakaraming balang. 28 Italaga ninyo ang mga bansa upang
salakayin siya, ang mga hari ng Medes at ang kaniyang mga
namumuno, lahat ng mga opisyal at lahat ng mga lupain
sa ilalim ng kaniyang pamumuno. 29 Sapagkat ang lupain
ay mayayanig at labis na malulungkot, sapagkat patuloy
ang plano ni Yahweh laban sa Babilonia, upang gawing
kaparangan ang lupain ng Babilonia kung saan walang
naninirahan. 30 Tumigil na sa pakikipagdigma ang mga
kawal ng Babilonia, nanatili sila sa kanilang mga tanggulan.
Ang kanilang lakas ay nanghina na, sila ay naging mga
babae na—ang kaniyang mga tahanan ay tinutupok na ng
apoy, at ang mga rehas ng kaniyang tarangkahan ay nasira
na. 31 Ang isang mensahero ay tumatakbo upang ipahayag
sa iba pang mensahero, at ipinapahayag ng mananakbo sa
iba pang mananakbo sa Hari ng Babilonia na ang kaniyang
lungsod ay nasakop na sa magkabilang dulo. 32 Kaya
hinuhuli ang lahat ng mga tumatawid sa ilog, sinusunog
ng kaaway ang mga tuyong tambo sa mga sapa, at ang
mga lalaking mandirigma ng Babilonia ay nalito na." 33
Sapagkat ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo, ang
Diyos ng Israel: Ang babaeng anak ng Babilonia ay katulad
ng isang giikan. Panahon na upang tapak-tapakan siya.
Hindi magtatagal at sasapit na sa kaniya ang oras ng anihan.
34 Sinasabi ng Jerusalem, 'Nilamon ako ni Nebucadnezar na
hari ng Babilonia. Piniga niya ako hanggang sa matuyo at
ginawa niya akong banga na walang laman. Nilunok niya
ako na tulad ng isang dragon. Binusog niya ang kaniyang
tiyan ng masarap kong pagkain at ako ay kaniyang isinuka.'
35 Sasabihin ng mga taga-Zion, 'Maibalik nawa laban sa
Babilonia ang pagmamalupit na ginawa sa akin at sa aking
pamilya.' Sasabihin ng Jerusalem, 'Maibalik nawa laban sa
mga naninirahan sa Caldea ang kanilang kasalanan nang
dumanak ang aking dugo.'" 36 Kaya nga, ito ang sinasabi
ni Yahweh: Tingnan mo, ipagtatanggol ko kayo sa inyong
kalagayan at ipaghihiganti ko kayo. Sapagkat tutuyuin ko
ang mga tubig sa Babilonia at tutuyuin ko ang kaniyang mga
bukal. 37 Ang Babilonia ay magiging bunton ng mga durog
na bato, pugad ng mga asong-gubat, isang katatakutan at
tampulan ng panunutsot, kung saan walang maninirahan. 38
Ang mga taga-Babilonia ay sama-samang aatungal katulad
ng mga batang leon. Sila ay aangil na tulad ng mga batang
leon. 39 Kapag sila ay uminit sa kanilang kasakiman, gagawa
ako ng handaan para sa kanila. Lalasingin ko sila upang
sumaya sila, at pagkatapos ay matutulog sila nang walang
katapusan at hindi na magigising pa—ito ang pahayag ni
Yahweh. 40 Ipadadala ko sila na tulad ng mga batang tupa sa
katayan, tulad ng mga lalaking tupa na may kasamang mga
lalaking kambing. 41 Paanong nasakop ang Babilonia! Kaya
ang papuri ng mundo ay inagaw. Paanong ang Babilonia ay
naging wasak na lugar na lamang sa lahat ng bansa. 42
Sinakluban na ng dagat ang Babilonia. Natakpan na ito ng
kaniyang mga umuugong na alon. 43 Ang kaniyang mga
lungsod ay pinabayaan na, isang tuyong lupain at ilang, isang
lupain na walang naninirahan, at walang taong dumaraan.
44 Kaya parurusahan ko si Bel sa Babilonia, ilalabas ko mula
sa kaniyang bibig ang kaniyang nilunok, at hindi na muling
dadaloy sa kaniya ang handog ng mga bansa. Babagsak
ang mga pader ng Babilonia. 45 Umalis kayo sa kaniyang
kalagitnaan, aking bayan. Iligtas ninyo ang sarili ninyong
buhay mula sa bangis ng aking galit. 46 Huwag ninyong
hayaan na manghina ang inyong mga puso o matakot sa
mga narinig ninyong mga balita sa lupain, sapagkat ang
mga balita ay darating sa isang taon. Pagkatapos nito, sa
susunod na taon ay magkakaroon ng mga balita at darating
ang mga karahasan sa lupain. Maglalaban-laban ang mga
namumuno. 47 Kaya nga tingnan, darating ang mga araw
na parurusahan ko ang mga inukit na diyus-diyosan ng
Babilonia. Mapapahiya ang lahat ng kaniyang lupain at
lahat ng kaniyang mga pinatay ay mahuhulog sa kaniyang
kalagitnaan. 48 Magdiriwang ang kalangitan at ang lupa,
ang lahat ng nilalaman nito ay magagalak sa Babilonia.
Sapagkat darating sa kaniya ang mga maninira mula sa
hilaga—ito ang pahayag ni Yahweh. 49 "Gaya ng ginawa ng
Babilonia, kung saan pinabagsak niya ang kaniyang mga
pinatay sa Israel, kaya ang mga namatay sa kaniyang lupain
ay babagsak din sa Babilonia." 50 Kayong mga nakaligtas
mula sa espada, lumayo kayo. Huwag kayong manatili.
Tumawag kayo kay Yahweh mula sa malayo, isipin ninyo
ang Jerusalem. 51 Tayo ay napahiya sapagkat nakarinig tayo
ng pang-iinsulto, nabalot ng pagsisisi ang ating mga mukha
sapagkat ang mga dayuhan ay pumasok sa mga banal na
dako ng templo ni Yahweh. 52 Samakatuwid, tingnan ninyo,
dumarating na ang mga araw, ito ang pahayag ni Yahweh, na
parurusahan ko ang kaniyang mga inukit na diyus-diyosan at
ang mga taong sugatan ay tatangis sa lahat ng kaniyang
lupain, ito ang pahayag ni Yahweh. 53 Sapagkat kahit na
pupunta sa kalangitan ang Babilonia o patibayin pa niya ang
kaniyang mga pinakamataas na tanggulan, darating ang
mga wawasak sa kaniya mula sa akin. Ito ang pahayag ni
Yahweh. 54 Isang sigaw ng pagkabahala ang manggagaling
sa Babilonia, isang malaking pagguho mula sa lupain ng mga
Caldeo. 55 Sapagkat winawasak ni Yahweh ang Babilonia.
Siya ang dahilan na mawawala ang kaniyang malakas na
tinig. Ang kanilang mga kalaban ay umuugong na gaya ng
maraming alon ng tubig, ang kanilang ingay ay magiging
napakalakas. 56 Sapagkat dumating ang mga wawasak sa

kaniya, wawasak sa Babilonia, at nahuli na ang kaniyang
mga mandirigma. Ang kanilang mga pana ay nabali sapagkat
si Yahweh ay ang Diyos ng paghihiganti, tiyak na gagawin
niya ang pagbabayad na ito. **57** Dahil lalasingin ko ang
lahat ng kaniyang mga prinsipe, mga pantas, mga opisyal at
mga kawal, at matutulog sila nang walang hanggan at hindi
na magigising pa. Ito ang pahayag ng Hari. Ang kaniyang
pangalan ay Yahweh ng mga hukbo." **58** "Ito ang sinasabi ni
Yahweh ng mga hukbo. Ang makapal na pader sa Babilonia
ay lubusang guguho at ang kaniyang mataas na tarangkahan
ay susunugin. Pagkatapos, ang lahat ng tutulong sa kaniya
ay magpapagal ng walang kabuluhan at lahat ng sisikaping
gawin ng mga bansa sa kaniya ay masusunog. **59** Ito ang
salitang ipinahayag ni Jeremias na propeta kay Seraias na
lalaking anak ni Neraias na lalaking anak ni Macsaias noong
magkasama silang pumunta ni Zedekias na hari ng Juda
sa Babilonia sa ikaapat na taon ng kaniyang pamumuno.
Ngayon, si Seraias ay isang punong opisyal. **60** Sapagkat
isinulat ni Jeremias sa isang kasulatang balumbon ang mga
pahayag ng lahat ng malaking kapahamakan na darating sa
Babilonia—ang lahat ng salitang ito na nakasulat tungkol
sa Babilonia. **61** Sinabi ni Jeremias kay Seraias, "Kapag
pumunta ka sa Babilonia, tiyaking basahin mong lahat ang
mga salitang ito. **62** At sasabihin mo, 'Ikaw Yahweh, ikaw
ang nagsabi na wawasakin mo ang lugar na ito. Walang
maninirahan dito, maging mga tao man o mga hayop. Ito ay
magiging ganap na kaparangan.' **63** At pagkatapos mong
basahin ang balumbon na ito, magtali ka dito ng isang bato
at ihagis mo ito sa ilog Euphrates. **64** Sabihin mo, 'Lulubog
ang Babilonia tulad nito. Hindi na ito muling lulutang pa dahil
babagsak dito ang kapahamakan na aking ipinapadala laban
dito.'" Dito nagtatapos ang mga salita ni Jeremias.

**52** Si Zedekias ay dalawampu't isang taon nang siya
ay magsimulang maghari; naghari siya ng labing-
isang taon sa Jerusalem. Ang pangalan ng kaniyang ina ay
Hamutal; siya ang anak na babae ni Jeremias na mula sa
Libna. **2** Ginawa niya ang masama sa paningin ni Yahweh
at ginawa niya ang lahat ng ginawa ni Jehoiakim. **3** Sa
galit ni Yahweh, nangyari ang lahat ng pangyayaring ito
sa Jerusalem at Juda, hanggang sa itakwil niya sila sa
kaniyang harapan. Pagkatapos ay naghimagsik si Zedekias
laban sa hari ng Babilonia. **4** Nangyari na sa ikasiyam
na taon ng paghahari ni Haring Zedekias, sa ikasampung
buwan, at sa ikasampung araw ng buwan, dumating si
Nebucadnezar na hari ng Babilonia, kasama ang lahat ng
kaniyang mga hukbo laban sa Jerusalem. Nagkampo sila
sa kabila nito, at nagtayo sila ng pader sa palibot nito. **5**
Kaya ang lungsod ay nilusob hanggang sa ikalabing-isang
taon ng paghahari ni Haring Zedekias. **6** Sa ikaapat na
buwan, sa ikasiyam na araw ng taon na iyon, matindi ang
taggutom sa lungsod na walang pagkain para sa mga tao ng
lupain. **7** Pagkatapos nilusob at winasak ang lungsod, at
ang lahat ng mga kalalakihang mandirigma ay tumakas at
lumabas sa lungsod sa gabi, dumaan sila sa tarangkahan na
nasa pagitan ng dalawang pader, malapit sa hardin ng hari,
kahit na ang mga Caldea ay nakapalibot sa lungsod. Kaya
nagtungo sila sa direksiyon ng Araba. **8** Ngunit hinabol ng
mga Caldean ang hari at inabot si Zedekias sa kapatagan
ng Ilog Jordan na malapit sa Jerico. Ang lahat ng kaniyang
hukbo ay nagkalat palayo sa kaniya. **9** Binihag nila ang
hari at dinala sa hari ng Babilonia sa Ribla sa lupain ng
Hamat, kung saan niya ibinigay ang hatol sa kaniya. **10**
Pinatay ng hari ng Babilonia ang mga anak na lalaki ni
Zedekias sa kaniyang harapan, at pinatay din niya sa Ribla
ang lahat ng mga pinuno ng Juda. **11** Pagkatapos dinukot
niya ang mga mata ni Zedekias, at iginapos siya ng tansong
tanikala at dinala siya sa Babilonia. Ikinulong siya ng hari
ng Babilonia hanggang sa araw ng kaniyang kamatayan.
**12** Ngayon sa ikalimang buwan, sa ikasampung araw ng
buwan, na siyang ikalabinsiyam na taon ng paghahari ni
Haring Nebucadnezar, na hari ng Babilonia, dumating si
Nebuzaradan sa Jerusalem. Siya ang pinuno ng mga bantay
ng hari at isang lingkod ng hari ng Babilonia. **13** Sinunog
niya ang tahanan ni Yahweh, ang palasyo ng hari, at lahat
ng mga bahay sa Jerusalem. Ganoon din sinunog niya ang
lahat ng mga mahahalagang gusali sa lungsod. **14** Ang mga
pader naman sa palibot ng Jerusalem ay winasak ng lahat
ng hukbo ng Babilonia kasama ng pinuno ng mga bantay.
**15** At ang mga pinakamahihirap na tao, ang mga taong
naiwan sa lungsod, ang mga nagsitakas patungo sa hari
ng Babilonia, at ang mga nalabing manggagawa—dinalang
bihag ni Nebuzaradan, na pinuno ng mga bantay, ang ilan
sa kanila ay ipinatapon. **16** Ngunit iniwan ni Nebuzaradan,
na pinuno ng bantay, ang ilan sa mga pinakamahihirap
sa lupain upang magtrabaho sa ubasan at sa mga bukid.
**17** Ang mga posteng tanso naman na nasa tahanan ni
Yahweh, at ang mga patungan at ang dagat na tanso na
nasa tahanan ni Yahweh, sinira at dinurog ng mga Caldea
sa malilit na piraso ang tanso at dinala sa Babilonia. **18**
Ang mga palayok, mga pala, mga gunting, mga mangkok,
at lahat ng mga kagamitang tanso na ginagamit ng mga
pari sa paglilingkod sa templo ay kinuhang lahat ng mga
Caldea. **19** Ang mga palanggana at ang mga sunugan ng
insenso, ang mga mangkok, mga palayok, mga kandelero,
at mga palanggana na gawa sa ginto, at ang mga gawa sa
pilak ay kinuha rin ng kapitan ng bantay ng hari. **20** Ang
dalawang poste, ang dagat-dagatan, at ang labindalawang
tansong toro na nasa ilalim ng mga patungan, ang mga

bagay na ginawa ni Solomon para sa tahanan ni Yahweh ay
naglalaman ng maraming tanso na higit sa kanilang kayang
timbangin. **21** Ang poste ay may taas na labing walong kubit
bawat isa, at ang bawat paikot ay nasukat ang bawat isa ng
labindalawang kubit. Ang bawat isa ay may apat na daliri ang
kapal ngunit walang laman sa loob. **22** May pangunahing
tanso sa ibabaw nito. Ang sukat nito ay may limang kubit
ang taas, na may palamuti at mga granada sa palibot. Ang
lahat ay gawa sa tanso. Ang ibang poste at mga granada ay
kapareho ng nauna. **23** Kaya mayroong siyamnapu't anim
na granada sa tagiliran ng kapitel, at isandaang granada
sa itaas ng nakapalibot na palamuti. **24** Dinalang bihag ng
pinuno ng bantay si Seraias, na pinakapunong pari, kasama
si Zepanias, na pangalawang pari, at ang tatlong bantay ng
tarangkahan. **25** Mula sa lungsod dinala niyang bihag ang
isang opisyal na namamahala sa mga kawal, at pitong mga
kalalakihan na tagapayo ng hari, na nananatili sa lungsod.
Kinuha din niyang bilanggo ang opisyal ng hukbo ng hari
na tumatawag sa mga kalalakihan para maging kawal,
kasama ang animnapung mahahalagang mga kalalakihan
mula sa lupain na nasa lungsod. **26** Pagkatapos kinuha
at dinala sila ni Nebuzaradan, na pinuno ng bantay, sa
hari ng Babilonia sa Ribla. **27** Ipinapatay sila ng hari ng
Babilonia sa Ribla sa lupain ng Hamat. Sa ganitong paraan
lumabas ang Juda sa lupain nito sa pagpapatapon. **28** Ito
ang mga taong dinalang bihag ni Haring Nebucadnezar: sa
ikapitong taon ay 3, 023 na mga taga-Judea. **29** Sa ikalabing-
walong taon ni haring Nebucadnezar kinuha niya ang 832
mga tao mula sa Jerusalem. **30** Sa ikadalawampu't tatlong
taon ni Nebucadnezar, dinalang bihag ni Nebuzaradan,
na pinuno ng bantay ng hari ang 745 na mga Judio. Ang
lahat ng kabuuan ng mga taong ipinatapon ay 4, 600. **31**
Nangyari na sa ika-tatlumpu't pitong taon ng pagpapatapon
kay Jehoiakin, na hari ng Juda, sa ikalabindalawang buwan,
sa ikadalawampu't limang araw ng buwan, na pinalaya ni
Evil-merodac na hari ng Babilonia si haring Jehoiakin mula
sa kulungan. Nangyari ito sa taon nang simulang maghari si
Evil-merodac. **32** Siya ay nagsalita ng kagandahang loob at
binigyan siya ng upuan na mas kagalang-galang kaysa sa
ibang hari na kasama niya sa Babilonia. **33** Inalis ni Evil-
merodac ang damit pangbilanggo ni Jehoiakin at palaging
kumakain si Jehoiakin sa hapag ng hari sa natirang taon ng
kaniyang buhay. **34** At binigyan ng pagkain sa araw-araw sa
natitira pang taon ng kaniyang buhay hanggang sa araw ng
kaniyang kamatayan.

# Panaghoy

1 Ang lungsod na minsan ay puno ng mga tao ay nakaupo
ngayong ganap na malungkot! Naging katulad siya ng
isang balo, bagaman isa siyang makapangyarihang bansa!
Naging prinsesa siya sa mga bansa, ngunit ngayon ay
sapilitang inalipin! 2 Tumatangis at humahagulgol siya sa
gabi, at tinatakpan ng kaniyang mga luha ang kaniyang mga
pisngi. Wala sa kaniyang mangingibig ang umaaliw sa kaniya.
Pinagtaksilan siya ng lahat ng kaniyang mga kaibigan.
Naging mga kaaway niya sila. 3 Pagkatapos ng kahirapan at
dalamhati, nabihag ang Juda. Nanirahan siya kasama ang
mga bansa at hindi nakatagpo ng kapahingahan. Naabutan
siya ng lahat ng mga humahabol sa kaniya sa kaniyang
kawalan ng pag-asa. 4 Tumangis ang mga daan ng Zion
dahil walang dumating sa itinakdang mga pista. Pinabayaan
ang lahat ng kaniyang mga tarangkahan. Naghihinagpis ang
kaniyang mga pari. Nalulungkot ang kaniyang mga birhen at
siya mismo ay ganap na nabalisa. 5 Naging panginoon niya
ang kaniyang mga kaaway; sumagana ang kaniyang mga
kaaway. Pinahirapan siya ni Yahweh sa kaniyang maraming
kasalanan. Binihag ng kaniyang mga kaaway ang kaniyang
mga maliliit na anak. 6 At nawala ang kagandahan ng anak
na babae ng Zion. Naging tulad ng usa ang kaniyang mga
prinsipe na hindi makahanap ng pastulan at umalis sila na
walang lakas sa harap ng mga humahabol sa kanila. 7
Sa mga araw ng kaniyang pagdadalamhati at kawalan ng
tahanan, aalalahanin ng Jerusalem ang lahat ng kaniyang
mga mamahaling kayamanang mayroon siya sa nakaraang
mga araw. Nang bumagsak ang kaniyang mga tao sa kamay
ng kaniyang mga kaaway, wala ni isang tumulong sa kaniya.
Nakita at pinagtawanan siya ng kaniyang mga kaaway
sa kaniyang pagkawasak. 8 Matindi ang pagkakasala ng
Jerusalem, kaya, hinamak siya na gaya ng isang bagay
na marumi. Hinamak siya ngayon ng lahat ng pumuri sa
kaniya simula nang makita nila ang kaniyang kahubaran.
Dumaing siya at sinubukang tumalikod. 9 Naging marumi
siya sa ilalim ng kaniyang mga palda. Hindi niya inisip
ang tungkol sa kaniyang kinabukasan. Kakila-kilabot ang
kaniyang pagbagsak. Walang sinuman ang umaaliw sa
kaniya. Sumigaw siya, "'Tingnan mo ang aking dalamhati,
Yahweh, nagiging napakalakas ng mga kaaway!" 10 Inilagay
ng kaaway ang kaniyang kamay sa lahat ng kaniyang
mamahaling mga kayamanan. Nakita niya ang mga bansa
na pumasok sa kaniyang santuwaryo, kahit na ipinag-utos
mo na hindi sila maaring pumasok sa lugar ng pagpupulong.
11 Dumadaing ang lahat ng kaniyang mga tao habang
naghahanap sila ng tinapay. Ibinigay nila ang kanilang mga
mamahaling kayamanan para sa pagkain upang mapanatili
ang kanilang buhay. Tingnan mo, Yahweh, at isaalang-alang
mo ako, sapagkat ako ay naging walang kabuluhan. 12 Wala
bang halaga sa inyo, kayong lahat na dumaraan? Pagmasdan
at tingnan kung mayroong kalungkutan kaninuman tulad ng
kalungkutan na nagpahirap sa akin, yamang pinahirapan
ako ni Yahweh sa araw ng kaniyang mabagsik na galit.
13 Nagpadala siya ng apoy mula sa itaas sa aking mga
buto, at tinalo sila ng mga ito. Naglatag siya ng lambat
sa aking mga paa at pinabalik ako. Patuloy niya akong
pinabayaan at ginawang mahina. 14 Iginapos nang sama-
sama sa pamamagitan ng kaniyang kamay ang pamatok ng
aking mga paglabag. Pinagsama-sama at inilagay sa aking
leeg. Pinanglulupaypay niya ang aking kalakasan. Ibinigay
ako ng Panginoon sa kanilang mga kamay, at wala akong
kakayahang tumayo. 15 Itinaboy ng Panginoon ang lahat ng
aking mga makapangyarihang kalalakihang nagtatanggol sa
akin. Tinawag niya ang kapulungan laban sa akin upang
durugin ang aking malalakas na mga kalalakihan. Niyapakan
ng Panginoon ang birheng anak na babae ng Juda tulad ng
mga ubas sa isang pigaan ng alak. 16 Tumatangis ako dahil
sa mga bagay na ito. Ang aking mga mata, dumadaloy ang
tubig pababa mula sa aking mga mata dahil ang tagapag-
aliw na dapat magpanumbalik ng aking buhay ay malayo sa
akin. Napabayaan ang aking mga anak dahil nagtagumpay
ang kaaway. 17 Inunat ng Zion ang kaniyang mga kamay;
wala ni isa ang umaaliw sa kaniya. Iniutos ni Yahweh na ang
mga nasa paligid ni Jacob ang dapat na maging mga kaaway
niya. Isang bagay na marumi sa kanila ang Jerusalem. 18
Matuwid si Yahweh, sapagkat naghimagsik ako laban sa
kaniyang kautusan. Makinig kayo, lahat kayong mga tao, at
tingnan ang aking kalungkutan. Napasok sa pagkabihag
ang aking mga birhen at mga malalakas na kalalakihan. 19
Tinawag ko ang aking mga mangingibig ngunit hindi sila tapat
sa akin. Namatay ang aking mga pari at mga nakatatanda
sa lungsod, habang naghahanap sila ng pagkain upang
mailigtas ang kanilang mga buhay. 20 Tingnan mo, Yahweh,
sapagkat ako ay nasa pagkabalisa; nababagabag ang aking
kaloob-loobang mga bahagi. Nagulumihanan ang aking
puso sapagkat labis akong naghimagsik. Pinatay sa mga
lansangan ang aming mga anak sa pamamagitan ng espada;
ang sa tahanan ay magiging tulad ng mundo ng mga patay.
21 Pakinggan mo akong dumadaing. Wala ni isa ang umaaliw
sa akin. Narinig ng lahat ng aking mga kaaway ang aking
kahirapan. Nagalak sila na natapos mo ito. Paratingin ang
araw na iyong ipinahayag; maging tulad nawa nila ako.
22 Hayaang dumating ang kanilang kasamaan sa iyong
harapan. Pahirapan mo sila gaya ng pagpapahirap mo sa
akin sa lahat ng aking mga paglabag; sapagkat marami ang
aking mga [pag]daing, at mahina ang aking puso.

2 Ganap na tinakpan ng Panginoon ang anak na babae
ng Zion sa pamamagitan ng isang maitim na ulap sa
kaniyang galit. Inilugmok niya ang kagandahan ng Israel
mula sa langit hanggang sa lupa; ipinagsawalang-bahala
niya ang kaniyang tungtungan sa araw ng kaniyang galit. 2
Nilamon at nawalan ng habag ang Panginoon sa buong
bayan ni Jacob. Sa kaniyang poot pinabagsak niya ang mga
matitibay na lungsod ng anak na babae ng Juda; ihinampas
niya sa lupa sa kawalan ng dangal at kahihiyan ang kaharian
at ang kaniyang mga prinsipe. 3 Pinutol niya ang lahat ng
kalakasan ng Israel sa pamamagitan ng kaniyang matinding
galit. Iniurong niya ang kaniyang kanang kamay sa harap ng
kaaway. Sinunog niya ang Jacob tulad ng isang nagliliyab
na apoy na tumutupok sa lahat ng nasa paligid nito. 4
Ihinampas niya ang kaniyang pana sa atin tulad ng isang
kaaway. Tumayo siya sa labanan bilang isang kaaway na
nakahanda ang kamay upang pumana. Pinatay niya ang
lahat ng mga taong pinakamahalaga sa kaniyang paningin.
Ibinuhos niya ang kaniyang poot gaya ng apoy a tolda ng
anak na babae ng Zion. 5 Naging tulad ng isang kaaway
ang Panginoon. Nilamon niya ang Israel. Nilamon niya
ang lahat ng kaniyang mga palasyo; winasak niya ang
kaniyang mga matibay na tanggulan. Dinagdagan niya ang
pagluluksa at pananaghoy sa anak na babae ng Juda. 6
Sinalakay niya ang tabernakulo tulad ng isang kubo sa
hardin. Winasak niya ang mataimtim na lugar ng kapulungan.
Ipinalimot ni Yahweh ang mataimtim na pagtitipon at Araw
ng Pamamahinga sa Zion, sapagkat hinamak niya ang hari
at pari sa pagngingitngit ng kaniyang galit. 7 Tinanggihan ng
Panginoon ang kaniyang altar; kinamuhian niya ang kaniyang
santuwaryo. Ibinigay niya sa kamay ng mga kaaway ang ang
mga pader ng kaniyang mga palasyo. Gumawa sila ng isang
ingay ng tagumpay sa tahanan ni Yahweh, gaya sa araw
ng mataimtim na pagtitipon. 8 Walang pag-aalinlangang
nagpasiya si Yahweh na wasakin ang lungsod na pader ng
anak na babae ng Zion. inunat niya ang lubid na panukat
at hindi pinigilan ang kaniyang kamay sa pagwasak sa
pader. At kaniyang pinapanaghoy ang mga kuta at naging
mahina ang mga pader. 9 Lumubog ang kaniyang mga
tarangkahan sa lupa; winasak at sinira niya ang mga rehas
ng kaniyang mga tarangkahan. Mula sa mga Gentil ang
kaniyang hari at mga prinsipe, kung saan walang kautusan
ni Moises. Maging ang kaniyang mga propeta ay walang
masumpungang pangitain mula kay Yahweh. 10 Nakaupo sa
lupa at tahimik na nagdadalamhati ang mga nakatatanda
ng anak na babae ng Zion. Nagsabog sila ng alabok sa
kanilang mga ulo; nakasuot sila ng telang magaspang.
Ibinaba ng mga birhen ng Jerusalem ang kanilang mga ulo
sa lupa. 11 Natapos na ang aking mga luha; mapula ang
aking mga mata; naligalig ang aking kalooban. Naibuhos sa
lupa ang aking atay dahil sa pagkadurog ng anak na babae
ng aking mga tao sapagkat mahinag mahina ang mga bata
at mga pasusuhing mga sanggol sa lansangan ng nayon. 12
Sinasabi nila sa kanilang mga ina, "'Nasaan ang butil at
alak?'" nahihimatay tulad ng mga sugatang kalalakihan sa
mga lansangan ng lungsod, ibinubuhos ang kanilang mga
buhay sa mga kandungan ng kanilang mga ina. 13 Ano ang
masasabi ko tungkol sa iyo, anak na babae ng Jerusalem?
Birheng anak ng Zion, ano ang maihahambing ko sa iyo
upang aliwin ka? Kasing lawak ng dagat ang iyong pagguho.
Sino ang magpapagaling sa iyo? 14 Nakakita ng mga
pandaraya at kamangmangang pangitain ang inyong mga
propeta sa inyo. Hindi nila inihayag ang inyong matinding
kasalanan upang panumbalikin ang inyong mga kapalaran,
ngunit nakahiwatig ng mapanlinlang na mga pagpapahayag
at mga tukso sa inyo. 15 Ipinapalakpak ng lahat ng mga
dumadaan ang kanilang kamay sa inyo. Sumusutsot sila at
iniiling ang kanilang mga ulo laban sa anak na babae ng
Jerusalem at sinasabi, "'Ito ba ang lungsod na tinatawag
nilang 'Ang Kasakdalan ng Kagandahan,' 'Ang Kagalakan
ng buong Lupa?'" 16 Lahat ng inyong mga kaaway ay
bubuksan ang kanilang mga bibig at kukutyain kayo. Sisipol
sila at nagngangalit ang kanilang mga ngipin; sinasabi
nila, "Nilamon namin siya! Tunay na ito ang araw na ating
hinihintay! Nakita natin ito!" 17 Ginawa ni Yahweh ang
kaniyang napagpasyahan. Tinupad niya ang kaniyang salita
na kaniyang ipinahayag matagal na ang nakalipas. Siya ay
ibinagsak niya; hindi siya nagpakita ng habag, sapagkat
pinahintulutan niya upang magalak sa inyo ang kaaway;
itinaas niya ang lakas ng inyong mga kaaway. 18 Sumisigaw
ang kanilang mga puso sa Panginoon, "Mga Pader ng anak
na babae ng Zion, hayaang dumaloy ang mga luha tulad ng
isang ilog sa araw at gabi. Huwag mong pagpahingahin ang
iyong sarili. Huwag mong pigilin ang pag-agos sa iyong mga
mata. 19 Tumayo at sumigaw ka sa gabi; sa pasimula ng
oras ibuhos mo ang iyong puso tulad ng tubig sa harapan
ng Panginoon. Itaas mo ang iyong mga kamay sa kaniya
dahil ang buhay ng iyong mga anak na nakahigang mahina
sa gutom sa dulo ng bawat lansangan." 20 Tingnan mo,
Yahweh, at tingnan mo ng mabuti ang mga pinakitunguhan
mo ng napakatindi. Kinakailangan bang kainin ng mga
kababaihan ang kanilang sariling bunga, ang mga anak na
kanilang inalagaan? Kinakailangan bang patayin ang pari
at propeta sa santuwaryo ng Panginoon? 21 Humiga sa
lupa sa mga lansangan ang mga bata at mga matatanda.
Namatay sa pamamagitan ng espada ang aking mga birhen
at malalakas na mga kalalakihan. Pinatay mo sila sa araw
ng iyong matinding galit; walang awa mo silang pinatay at

hindi nagpakita ng kahabagan. 22 Ipinatawag mo ang aking
kinatatakutan sa lahat ng dako gaya sa araw ng mataimtim
na pagtitipon; walang nakatakas, at walang nakaligtas sa
araw ng matinding galit ni Yahweh. Nilipol ng aking mga
kaaway ang aking mga inalagaan at pinalaki.

3 Ako ay isang taong nakakita ng paghihirap sa ilalim
ng pamalo ng matinding galit ni Yahweh. 2 Itinaboy
niya ako at pinalakad sa kadiliman sa halip na liwanag. 3
Tunay siyang bumaling laban sa akin, buong araw niyang
ibinabaling ang kamay niya laban sa akin. 4 Ang aking
laman at balat ay ginutay niya, ang aking mga buto ay binali
niya. 5 Gumawa siya ng mga gawaing paglusob na sa akin
ay laban, at pinaligiran ako ng kapaitan at kahirapan. 6 Sa
mga madilim na lugar niya ako pinatira, tulad nilang mga
patay na noon pa. 7 Gumawa siya ng pader sa paligid ko at
hindi ako makatakas. Pinabigat niya ang aking mga posas.
8 Kahit na tumawag at sumigaw ako ng tulong, aking mga
panalangin ay kaniyang kinukulong. 9 Hinarangan niya ang
aking landas ng mga pader na gawa sa sinibak na bato,
hindi tuwid ang bawat daanang aking tinatahak. 10 Tulad
siya ng osong naghihintay upang tambangan ako, isang
leon na nasa pagtatago. 11 Inilihis niya ang mga landas ko.
Ginugutay at pinapabayaan niya ako. 12 Iniunat niya ang
kaniyang pana at minarkahan ako bilang tudlaan ng palaso.
13 Ipinadala niya ang mga palaso mula sa kaniyang sisidlan
upang pumasok sa aking mga bato. 14 Ako ay naging
katatawanan sa lahat ng aking mga kababayan, ang paksa
sa mapanuyang awit nila sa araw-araw. 15 Pinuno niya ako
ng kapaitan at pinilit painumin ng ajenjo. 16 Dinurog niya ang
aking mga ngipin ng bato, sa alikabok ay isinubsob niya ako.
17 Sa aking buhay ay tinanggal mo ang kapayapaan, hindi
ko na maalala pa ang alinmang kaligayahan. 18 Kaya sinabi
ko, “Ang aking tatag ay nawala na at ang aking pag-asa kay
Yahweh ay naubos na.” 19 Inaalala ko ang aking kahirapan
at ang aking pagkaligaw sa ajenjo at kapaitan. 20 Tiyak na
ito ay aking inaalala, at sa loob ko ay yumuyukod ako sa
kawalan ng pag-asa. 21 Ngunit ito ang aking inaalala, at ito
ang dahilang ako ay may pag-asa: 22 Ito ay sa pamamagitan
ng katapatan sa kasunduan ni Yahweh kaya hindi tayo
nalipol, sapagkat ang kaniyang mga kilos ng kahabagan
ay hindi nagwakas. 23 Ang mga kilos ng kahabagan niya
ay muling nagaganap sa bawat umaga, katapatan mo ay
dakila! 24 “Si Yahweh ay aking mana,” sinabi ko sa aking
sarili, kaya aasa ako sa kaniya. 25 Si Yahweh ay mabuti sa
sinumang naghihintay sa kaniya, sa buhay na naghahanap
sa kaniya. 26 Mabuti ang maghintay sa pagliligtas ni Yahweh
nang tahimik. 27 Mabuti sa isang tao na ang pamatok
sa kaniyang kabataan ay kaniyang natitiis. 28 Hayaan
siyang manahimik at umupong mag-isa, dahil inilagay ito ni
Yahweh sa kaniya. 29 Hayaang ilagay niya sa alikabok ang
bibig niya, at marahil mayroong pag-asa. 30 Hayaang ang
kaniyang pisngi ay ibigay niya sa sinumang humahampas sa
kaniya. Hayaang mapuno siya ng kahihiyan, 31 sapagkat
hindi siya tatanggihan ng Panginoon magpakailanman!
32 Sapagkat kahit na nagdadala siya ng kalungkutan,
nagpapakita rin siya ng kahabagan na lumalabas mula sa
kaniyang kadakilaan ng kaniyang katapatan sa kasunduan.
33 Sapagkat hindi siya nagmamalupit mula sa kaniyang
puso, o nagpapahirap sa mga anak ng mga tao. 34 Sa
pagdurog sa lahat ng mga bihag sa lupa sa ilalim ng
kaniyang paa, 35 sa paglihis sa katarungan ng mga tao sa
harapan ng mukha ng Kataas-taasan, 36 sa paghadlang
sa isang tao sa kaniyang katwiran—hindi ba nakikita ng
Panginoon? 37 Sino ang nagsasalita at nangyayari kapag
hindi ito iniutos ng Panginoon? 38 Hindi ba parehong
kapahamakan at katagumpayan ay nagmumula sa bibig
ng Kataas-taasan? 39 Paano makakadaing ang sinumang
taong nabubuhay? Paaano makakadaing ang sinumang
tao tungkol sa kaparusahan ng kaniyang mga kasalanan?
40 Siyasatin at suriin natin ang ating mga pamamaraan,
at muling manumbalik kay Yahweh. 41 Itaas natin ang
ating mga puso at mga kamay sa Diyos sa kalangitan
at manalangin: 42 “Laban sa iyo kami ay nagkasala at
naghimagsik, kaya kami ay hindi mo pinatawad. 43 Tinakpan
mo ang iyong sarili ng galit at hinabol kami. Pinagpapatay
mo kami, at hindi mo kami kinahahabagan. 44 Tinakpan mo
ang iyong sarili ng ulap, upang walang panalangin ang
makakalampas. 45 Ginawa mo kaming mga taong itinakwil
at dumi sa iba't ibang mga lahi. 46 Ibinuka ng lahat ng aming
mga kaaway ang kanilang bibig nang may pangungutya
laban sa amin. 47 Dumating sa amin ang takot sa hukay,
pagkasira at pagkaluray.” 48 Umaagos ng daloy ng tubig
ang mata ko dahil sa pagkaluray ng anak na babae ng
mga kababayan ko. 49 Umaagos ang mga mata ko, at
hindi tumitigil ang mga ito, sapagkat wala itong katapusan
50 hanggang sa tumunghay at tumingin si Yahweh mula
sa kalangitan. 51 Nagbibigay ng matinding sakit sa aking
buhay ang mata ko dahil sa lahat ng mga anak na babae sa
lungsod ko. 52 Walang tigil akong tinutugis tulad ng isang
ibon ng aking mga kaaway nang walang dahilan. 53 Sinira
nila sa balon ang buhay ko at sa ibabaw ko ay naglagay ng
isang bato. 54 Dumaloy ang tubig sa aking ulo, sinabi ko,
“Nilagot ako!” 55 Tinawag ko ang iyong pangalan, Yahweh,
mula sa pinakamababang hukay. 56 Narinig mo ang aking
tinig nang sinabi ko, “Huwag mong itago ang iyong tainga sa
aking pagtawag ng tulong, sa aking pagsigaw ng saklolo!
57 Lumapit ka sa araw na tinawag kita, sinabi mo sa akin,
“Huwag kang mangamba!” 58 Panginoon, ipinagtanggol mo

ako nang ako ay nasa paglilitis para sa buhay ko, iniligtas mo
ang buhay ko! 59 Yahweh, nakita mo ang kanilang pang-aapi
sa akin. Hatulan mo nang makatarungan ang aking usapin.
60 Nakita mo ang lahat kanilang mga kilos ng paghihiganti,
lahat ng kanilang binabalak laban sa akin. 61 Narinig mo ang
panghahamak nila, Yahweh, at lahat ng kanilang mga balak
tungkol sa akin. 62 Narinig mo ang mga labi ng mga tumindig
laban sa akin, narinig mo ang kanilang malalim na kaisipang
laban sa akin sa buong araw. 63 Maging sa kanilang pag-
upo o sa kanilang pagtayo, tingnan mo Yahweh! Ako ang
paksa sa kanilang awit ng pangungutya. 64 Gumanti ka sa
kanila, Yahweh, gaya ng pinsalang ginawa ng kanilang mga
kamay. 65 Lagyan mo ng takot ang kanilang mga puso,
lagyan mo sila ng sumpa. 66 Habulin mo sila sa iyong galit
at lipulin mo sila saanman sa ilalim ng kalangitan, Yahweh!

**4** Ganap na nawalan ng kinang ang ginto; nagbago ang
pinakadalisay na ginto. Naibuhos ang mga banal na bato
sa dulo ng bawat lansangan. 2 Mahalaga ang mga anak
na lalaki ng Zion, higit na mahalaga kaysa sa dalisay na
ginto. Ngunit ngayon itinuturing silang walang halaga kundi
gaya ng mga tapayan na gawa sa pamamagitan ng mga
kamay ng magpapalayok. 3 Maging ang mga asong gubat
ay nagpakita ng suso upang pasusuhin ang kanilang mga
anak, ngunit ang anak na babae ng aking mga tao ay gaya
ng mabagsik na ostrits sa ilang. 4 Nakadikit sa ngalangala
ng kaniyang bibig ang dila ng sumususong sanggol dahil
sa uhaw; humihingi ng tinapay ang mga bata, ngunit wala
ng para sa kanila 5 Napabayaan ngayon ang mga taong
kumakain dati ng mamahaling pagkain, na nagugutom sa
mga lansangan; silang mga nagsuot ng matingkad na pulang
kasuotan ay nasa ibabaw na ngayon ng tambak ng basura.
6 Ang mabigat na pagkakasala ng anak na babae ng aking
mga tao ay higit na malaki kaysa sa kasalanan ng Sodoma,
na itinapon sa isang iglap, bagaman walang mga kamay na
sumunggab sa kaniya. 7 Makinang tulad ng niyebe at maputi
gaya ng gatas ang kaniyang mga pinuno. Ang kanilang
katawan ay mas mapula kaysa sa koral; tulad ng safiro ang
kanilang anyo. 8 Pinaitim ng kadiliman ang kanilang itsura
ngayon, hindi sila makilala sa mga lansangan, sapagkat
kumapit ang kanilang balat sa kanilang tuyong mga buto.
Naging gaya ito ng tuyong kahoy! 9 Mas mabuti ang mga
napatay sa gutom kaysa sa mga namatay sa pamamagitan
ng espada; mas mabuti sila kaysa sa mga nanghihina,
tinuhog sa gutom sa kakulangan ng anumang mga ani
mula sa mga bukirin. 10 Pinakuluan ng mga kamay ng mga
mahabaging kababaihan ang kanilang sariling mga anak;
ang mga batang ito ang naging pagkain nila sa panahon
ng pagkawasak ng anak na babae ng aking mga tao. 11
Nasisiyahan si Yahweh sa kaniyang pagkapoot. Ibinuhos
niya ang kaniyang nag-aapoy na galit; nagpaningas siya ng
apoy sa Zion, at nilamon nito ang kaniyang mga pundasyon.
12 Maging ang mga hari sa lupa o sinumang naninirahan
sa mundo ay hindi maniniwalang makakapasok sa mga
tarangkahan ng Jerusalem ang kalaban at kaaway. 13 Ngunit
nagawa nila, dahil sa mga kasalanan ng kaniyang mga
propeta, at sa mga mabibigat na pagkakasala ng kaniyang
mga pari na nagdanak ng dugo ng matuwid sa kaniyang
kalagitnaan. 14 Gumagala ngayon ang mga propeta at
mga paring iyon sa mga lansangan tulad ng mga bulag
na lalaki. Nadungisan sila ng dugong iyon kaya walang
sinuman ang maaaring makahawak sa kanilang mga damit.
15 “Magsilayo kayo! Marurumi,” isinisigaw ng mga propeta at
mga paring ito. “Magsilayo kayo, magsilayo kayo! Huwag
ninyo kaming hawakan!” Kaya nagpagala-gala sila sa ibang
mga lupain, ngunit sinasabi maging ng mga Gentil, “Hindi
na sila maaaring manirahan dito bilang mga dayuhan.” 16
Ikinalat sila ni Yahweh mula sa kaniyang harapan; hindi
na niya sila tinitingnan pa nang may pagpanig. Kailanman
walang anumang paggalang ang tumanggap sa mga pari,
at hindi na sila nagpapakita ng pagmamalasakit sa mga
nakatatanda. 17 Patuloy na nabigo ang aming mga mata
sa paghahanap ng kahit na walang kabuluhang tulong,
bagaman sabik silang nagbantay sa isang bansang hindi
makapagliligtas sa amin. 18 Inaabangan nila ang aming
mga hakbang patungo sa aming mga lansangan. Malapit na
ang aming wakas at natapos na ang aming mga kaarawan,
sapagkat dumating na ang aming wakas. 19 Mas matulin pa
sa mga agilang nasa alapaap ang aming mga manunugis.
Hinahabol nila kami sa mga kabundukan at nag-aabang sila
sa amin sa ilang. 20 Ang hininga sa mga butas ng aming
ilong, ang pinahiran ni Yahweh—na aming hari, ay nahuli sa
kanilang mga hukay; siya ang aming hari na aming sinasabi,
“'Mabubuhay kami sa ilalim ng kaniyang pangangalaga
kasama ng mga bansa.'” 21 Magalak at matuwa, anak na
babae ng Edom na naninirahan sa lupain ng Uz, sapagkat
dadaan din ang kopa sa iyo. Malalasing ka at huhubaran ang
iyong sarili. 22 Natapos na ang iyong kasamaan, anak na
babae ng Zion. Hindi ka na niya bibihagin. Ngunit kaniyang
parurusahan ang iyong kasamaan, anak na babae ng Edom.
Kaniyang ilalantad ang iyong mga kasalanan.

**5** Iyong alalahanin, Yahweh, kung ano ang nangyari sa
amin. Masdan at tingnan ang aming kahihiyan. 2 Ibinigay
sa mga dayuhan ang aming mana; ang aming mga tahanan
sa mga dayuhan. 3 Naging mga ulila kami, sapagkat wala
na kaming mga ama, at katulad ng mga balo ang aming
mga ina. 4 Nagkakahalaga ng pilak ang tubig na aming
iinumin, at ipinagbibili sa amin ang aming sariling kahoy. 5
Hinahabol kami ng aming mga kaaway; sila ay napakalapit

na humihinga na sa aming mga leeg. Pagod na kami;
wala ng kapahingahan para sa amin. 6 Iniaabot namin ang
aming mga kamay sa mga taga-Egipto at mga taga-Asiria
upang mabusog sa pagkain. 7 Nagkasala ang aming mga
ama; wala na sila, at pinasan namin ang kanilang mga
kasalanan. 8 Pinamunuan kami ng mga alipin, at wala ni
isang makapagligtas sa amin sa kanilang mga kamay. 9
Inilagay namin sa panganib ang aming mga buhay upang
kunin ang aming mga tinapay sa pagharap sa mga espada
sa ilang. 10 Tulad ng isang hurno ang aming mga balat,
nasunog mula sa init ng pagkagutom. 11 Pinagsamantalahan
nila ang mga kababaihan sa Zion, ang mga birhen sa
mga lungsod ng Juda. 12 Ibinitin nila ang mga prinsipe
sa pamamagitan ng sarili nilang mga kamay, at hindi nila
iginagalang ang mga nakatatanda. 13 Dinala nila ang mga
masisiglang na kalalakihan sa gilingan, at ang mga susuray-
suray na binata sa ilalim ng mga puno ng kahoy. 14 Tinanggal
nila ang mga nakatatanda sa tarangkahan sa lungsod at
ang masisiglang kalalakihan mula sa kanilang tugtugin.
15 Tumigil ang kagalakan ng aming mga puso; napalitan
ng pagluluksa ang aming pagsasayaw. 16 Nahulog ang
korona mula sa aming mga ulo! sa aba namin! Sapagkat
nangagkasala kami. 17 Nagkasakit ang aming mga puso,
at lumabo ang aming mga mata, 18 dahil gumagala ang
mga asong gubat sa Bundok ng Zion na iniwanan. 19
Ngunit ikaw si Yahweh, maghari ka magpakailanman, at ang
iyong luklukan ay mula sa sali't salinlahi. 20 Bakit mo kami
kakalimutan ng magpakailanman? Pababayaan mo ba kami
ng napakatagal? 21 Panumbalikin mo kami sa iyo, Yahweh
at magsisisi kami. Papanumbalikin mo ang aming mga araw
gaya nang unang panahon, 22 maliban na lamang kung kami
ay tunay na tinanggihan at labis ang iyong galit sa amin.

# Ezekiel

1 Sa ikatatlumpung taon, sa ikaapat na buwan, at sa
ikalimang araw ng buwan, nangyaring naninirahan akong
kasama ng mga bihag sa tabi ng Kanal Kebar. Nabuksan
ang kalangitan, at nakakita ako ng mga pangitain ng Diyos! 2
Noong ikalimang araw ng buwan na iyon—ito ang ikalimang
taon ng pagkatapon kay Haring Jehoiakin, 3 dumating nang
may kapangyarihan ang salita ni Yahweh kay Ezekiel na
anak ni Buzi at ang pari sa lupain ng mga Caldeo sa tabi ng
Kanal Kebar. Dumating ang kamay ni Yahweh sa kaniya
roon. 4 Pagkatapos, tumingin ako, at mayroong dumarating
na malakas na hangin mula sa hilaga—isang malaking ulap
na may kumikinang na apoy sa loob nito, at liwanag ang
nasa palibot at loob nito, at kulay ng ambar ang apoy sa loob
ng ulap. 5 Sa gitna ay anyo ng apat na buhay na nilalang. Ito
ang kanilang wangis: mayroon silang anyong tao, 6 ngunit
ang bawat isa sa kanila ay mayroong apat na mukha, at ang
bawat isa sa mga nilalang ay may apat na pakpak. 7 Tuwid
ang kanilang mga binti, ngunit ang talampakan ng kanilang
mga paa ay tulad ng mga kuko ng isang guya na makinang
tulad ng pinakintab na tanso. 8 Gayon pa man, mayroon
silang mga kamay ng tao sa ilalim ng kanilang mga pakpak
sa lahat ng apat na dako. Sa kanilang apat, ang kanilang
mga mukha at mga pakpak ay ganito: 9 ang kanilang mga
pakpak ay sumasagi sa mga pakpak ng kasunod na nilalang,
at hindi sila lumiliko habang umuusad, sa halip, ang bawat
isa ay umusad pasulong. 10 Ang wangis ng kanilang mga
mukha ay tulad ng mukha ng isang tao, sunod, ang mukha
ng isang leon sa kanan, sunod, ang mukha ng isang toro sa
kaliwa, at sa huli, ang mukha ng isang agila. 11 Ganyan
ang kanilang mga mukha, at ang kanilang mga pakpak ay
nakabuka sa itaas, upang ang bawat nilalang ay may pares
ng mga pakpak na nakasagi sa pakpak ng isa pang nilalang,
at isang pares din ng mga pakpak ang nakatakip sa kanilang
mga katawan. 12 Ang bawat isa ay umusad pasulong, upang
saanman sila utusang pumunta ng Espiritu, pumunta sila
nang hindi lumilingon. 13 Tulad ng mga nagliliyab na baga
ang mga buhay na nilalang, o tulad ng mga sulo, may
maliwanag na apoy din na gumagalaw kasama ng mga
nilalang, at may mga kumikislap na kidlat. 14 Mabilis na
gumagalaw nangpabalik-balik ang mga buhay na nilalang,
at mukha silang kidlat! 15 At tumingin ako sa mga buhay
na nilalang, may isang gulong sa ilalim na nasa tabi ng
mga buhay na nilalang. 16 Ito ang wangis at balangkas
ng mga gulong: ang bawat gulong ay tulad ng berilyo,
at magkakatulad lahat ang apat, tila binabagtas ng isang
gulong ang isa pang gulong. 17 Kapag gumulong ang mga
gulong, nakakapunta sila sa bawat direksyon nang hindi
lumilingon. 18 Para naman sa mga gilid naman ng mga ito,
matataas at nakakatakot, sapagkat ang mga gilid ay puno
ng mga mata paikot! 19 Kapag gumagalaw ang mga buhay
na nilalang, gumagalaw ang mga gulong sa tabi nila. Kapag
pumapaitaas ang mga buhay na nilalang mula sa lupa,
pumapaitaas din ang mga gulong. 20 Saanman pumupunta
ang Espiritu, pumupunta sila kung saan tumutungo ang
Espiritu, pumapaitaas sa tabi nila ang mga gulong, sapagkat
ang espiritu ng mga buhay na nilalang ay nasa mga gulong.
21 Kapag gumagalaw ang mga nilalang, gumagalaw rin ang
mga gulong, at kapag tumitigil ang mga nilalang, tumitigil
ang mga gulong, kapag pumapaitaas mula sa lupa ang
mga nilalang, pumapaitaas ang mga gulong sa tabi nila,
sapagkat ang espiritu ng mga buhay na nilalang ay nasa
mga gulong. 22 Sa ibabaw ng mga ulo ng mga buhay na
nilalang ay may tulad ng isang napakalaking pabilog na
bubong, tulad ito ng kahanga-hangang kristal na nakabuka
sa ibabaw ng kanilang mga ulo. 23 Sa ilalim ng pabilog
na bubong, ang bawat isa sa mga pakpak ng nilalang ay
nakabuka nang tuwid at nakasagi sa mga pakpak ng isa
pang nilalang. Ang bawat buhay na nilalang ay may isang
pares din upang takpan ang kanilang mga sarili—ang bawat
isa ay may isang pares upang takpan ang kaniyang sariling
katawan. 24 At narinig ko ang tunog ng kanilang mga pakpak!
Tulad ng ingay ng rumaragasang tubig. Tulad ng tinig ng
Makapangyarihan. Kapag gumagalaw sila, nagkakaroon ng
tunog ng isang bagyong ulan. Tulad ito ng tunog ng isang
hukbo. Kapag tumitigil sila, ibinababa nila ang kanilang mga
pakpak. 25 At isang tinig ang nagmula sa itaas ng pabilog
na bubong sa ibabaw ng kanilang mga ulo kapag tumitigil
sila at ibinababa ang kanilang mga pakpak. 26 Sa itaas ng
pabilog na bubong sa ibabaw ng kanilang mga ulo ay may
anyo ng isang tronong tulad ng safiro, at ang nasa trono ay
ang wangis ng isang tulad ng tao. 27 Nakita ko ang isang
anyong tulad ng nagliliwanag na metal na may apoy sa
loob mula sa kaniyang baywang pataas, mula sa kaniyang
baywang pababa ay tulad ng apoy at liwanag ang nasa
buong paligid. 28 Tulad ito ng isang bahagharing lumilitaw
sa mga ulap sa isang maulang araw—at tulad ng maliwanag
na ilaw ang pumapaligid dito. Nagpakita ito tulad ng anyo ng
kaluwalhatian ni Yahweh. Nang makita ko ito, nagpatirapa
ako, at narinig ko ang isang tinig na nagsasalita.

2 Sinabi sa akin ng tinig, “Anak ng tao, tumayo ka at
magsasalita ako sa iyo.” 2 At dinala ako ng Espiritu
habang siya ay nagsasalita sa akin at itinayo niya ako, at
narinig ko siyang nagsasalita sa akin. 3 Sinabi niya sa akin,
“Anak ng tao, sinusugo kita sa mga tao ng Israel, sa suwail
na bansang naghimagsik laban sa akin—nagkasala sila at ng
kanilang mga ninuno laban sa akin hanggang sa panahong

ito! 4 Ang kanilang mga kaapu-apuhan ay may mga matitigas
na mukha at mga matitigas na puso. Isinusugo kita sa kanila.
At sasabihin mo sa kanila, 'Ito ang sinasabi ng Panginoong
Yahweh.' 5 Makinig man sila o hindi sila makikinig. Sila ay
suwail na sambahayan, ngunit malalaman man lamang nila
na isang propeta ang kabilang sa kanila. 6 At ikaw, anak ng
tao, huwag kang matakot sa kanila o sa kanilang mga salita.
Huwag kang matakot, kahit na kasama mo ang mga dawag
at mga tinik, at kahit na ikaw ay namumuhay kasama ng
mga alakdan. Huwag kang matakot sa kanilang mga salita o
panghinaan ng loob sa kanilang mga mukha, sapagkat sila
ay suwail na sambahayan. 7 Ngunit sasabihin mo sa kanila
ang aking mga salita, makinig man sila o hindi, dahil sila
ay napakasuwail. 8 Ngunit ikaw, anak ng tao, makinig ka
sa sinasabi ko sa iyo. Huwag kang maging suwail tulad ng
suwail na sambahayang iyon. Buksan mo ang iyong bibig at
kainin ang ibibigay ko sa iyo!" 9 Pagkatapos, tumingin ako at
isang kamay ang nag-abot sa akin, dito ay may kasulatang
binalumbon. 10 Inilatag niya ito sa aking harapan, nasulatan
ang harap at ang likod nito, at mga panaghoy, pagluluksa, at
kapighatian ang nakasulat dito.

**3** Sinabi niya sa akin, "Anak ng tao, kainin mo kung
ano ang natagpuan mo! Kainin mo itong kasulatang
binalumbon, pagkatapos ay humayo sa sambahayan ng
Israel at magsalita." 2 Kaya ibinuka ko ang aking bibig,
at ipinakain niya sa akin ang kasulatang binalumbon. 3
Sinabi niya sa akin, "Anak ng tao, pakainin mo ang iyong
sikmura at busugin ang iyong tiyan sa pamamagitan ng
kasulatang binalumbong ito na ibinigay ko sa iyo!" Kaya
kinain ko ito, at ito ay kasintamis ng pulot-pukyutan sa aking
bibig. 4 Pagkatapos, sinabi niya sa akin, "Anak ng tao,
pumunta ka sa sambahayan ng Israel at sabihin sa kanila
ang aking mga salita. 5 Sapagkat hindi ka isinugo sa mga
taong may kakaibang salita o isang mahirap na wika, kundi
sa sambahayan ng Israel— 6 hindi sa makapangyarihang
bansang may kakaibang salita o mahirap na wika, na ang
mga salita ay hindi mo maintindihan! Kung isusugo kita sa
kanila, makikinig sila sa iyo! 7 Ngunit ang sambahayan
ng Israel ay hindi nahahandang makinig sa iyo, sapagkat
sila ay hindi nahahandang makinig sa akin. Kaya lahat ng
sambahayang Israel ay mataas ang kilay at matigas ang
puso. 8 Masdan mo! Ang iyong mukha ay ginawa kong
kasintigas ng kanilang mga mukha at ang iyong kilay ay
kasintigas ng kanilang mga kilay. 9 Ginawa kong tulad ng
isang diamante ang iyong kilay, mas matigas kaysa pingkian!
Huwag kang matakot sa kanila o panghinaan ng loob sa
pamamagitan ng kanilang mga mukha, yamang sila ay mga
suwail na sambahayan." 10 At sinabi niya sa akin, "Anak ng
tao, ang lahat ng mga salitang ipinahayag ko sa iyo—ilagay
mo ang mga ito sa iyong puso at pakinggan mo sila sa
pamamagitan ng iyong mga tainga! 11 At pumunta ka sa
mga bihag, sa iyong mga kababayan, at magsalita ka sa
kanila. Sabihin mo sa kanila, 'Ito ang sinasabi ng Panginoong
Yahweh,' makinig man sila o hindi." 12 Pagkatapos, itinaas
ako ng Espiritu, at nakarinig ako ng tunog sa aking likuran na
tulad ng isang malakas na lindol, na nagsasabi, "Pagpalain
ang kaluwalhatian ni Yahweh mula sa kaniyang lugar!" 13
Kaya narinig ko ang tunog ng mga pakpak ng mga buhay na
mga nilalang habang sumasag sa isa't isa, at ang tunog
ng mga gulong na nasa kanila, at ang tunog ng isang
malakas na lindol! 14 Itinaas ako ng Espiritu at dinala ako
palayo; at pumunta akong may kapaitan sa galit ng aking
espiritu, sapagkat ubod ng lakas na nakadiin sa akin ang
kamay ni Yahweh! 15 Kaya pumunta ako sa mga bihag
sa Tel Abib na nakatira sa tabi ng Ilog Kebar, at nananatili
ako roon sa loob ng pitong araw, punong-puno ako ng
pagkamangha kasama nila. 16 At nangyari na makalipas
ang pitong araw ay dumating sa akin ang salita ni Yahweh
at sinabi, 17 Anak ng tao, ginawa kitang tagapagbantay
para sa sambahayan ng Israel, kaya makinig ka sa salita
mula sa aking bibig, at ibigay sa kanila ang aking babala!
18 Kapag sinabi ko sa masama, 'Tiyak na mamamatay ka'
at hindi mo siya binigyan ng babala o nagsabi ng isang
babala sa masama tungkol sa kaniyang masamang mga
gawa upang siya ay mabuhay—mamamatay ang masama
sa kaniyang kasalanan, ngunit sisingilin ko mula sa iyong
kamay ang kaniyang dugo. 19 Ngunit kung bibigyan mo
ng babala ang masama, at hindi siya tumalikod mula sa
kaniyang kasamaan o sa kaniyang masasamang gawain,
mamamatay siya sa kaniyang kasalanan, ngunit maililigtas
mo ang iyong sariling buhay. 20 At kung tatalikod ang
isang matuwid na tao mula sa kaniyang pagiging matuwid
at gumawa ng hindi makaturungan, maglalagay ako ng
batong katitisuran sa kaniyang harapan, at mamamatay
siya, dahil hindi mo siya binigyan ng babala. Mamamatay
siya sa kaniyang kasalanan, at hindi ko aalalahanin ang
kaniyang mabuting mga gawa na kaniyang ginawa, ngunit
sisingilin ko mula sa iyong kamay ang kaniyang dugo. 21
Ngunit kung babalaan mo ang matuwid na tao na tumigil
sa pagkakasala upang hindi na siya magkasala, tiyak na
mabubuhay siya dahil nabigyan siya ng babala; at maililigtas
mo ang iyong sariling buhay." 22 Kaya nasa akin doon
ang kamay ni Yahweh, at sinabi niya sa akin, Tumayo ka!
Pumunta sa kapatagan, at makikipag-usap ako sa iyo doon!
23 Bumangon ako at pumunta sa patag, at nanatili doon ang
kaluwalhatian ni Yahweh, tulad ng kaluwalhatiang nakita ko
sa gilid ng kanal Kebar; kaya nagpatirapa ako. 24 Dumating
sa akin ang Espiritu at itinayo ako sa aking mga paa; at

nagsalita siya sa akin, at sinabi sa akin, “Pumunta ka at
pagsarhan ang iyong sarili sa loob ng iyong bahay, 25 kaya
ngayon, anak ng tao, igagapos ka nila ng lubid at itatali
ka upang hindi ka makapunta sa kanila. 26 Gagawin kong
nakadikit ang iyong dila sa ngalangala ng iyong bibig, upang
ikaw ay magiging pipi at hindi mo sila mapagsasabihan,
yamang sila ay mapanghimagsik silang sambahayan. 27
Ngunit kapag magsalita ako sa iyo, bubuksan ko ang iyong
bibig upang sabihin mo sa kanila, 'Ito ang sinasabi ng
Panginoong Yahweh; Siya na makakarinig ay makinig; at
siya na hindi makinig ay hindi makikinig, yamang sila ay
suwail na sambahayan!”

**4** Ngunit ikaw, anak ng tao, kumuha ka ng isang laryo
para sa iyong sarili at ilagay ito sa iyong harapan. At
iukit mo rito ang lungsod ng Jerusalem. 2 At lagyan mo
ng panglusob laban dito, at magtayo ng mga tanggulan
laban dito. Maglagay ng daanan na pangsalakay laban dito
at maglagay ng mga kampo sa palibot nito. Maglagay ng
mga pambayo sa buong palibot nito. 3 At ikaw, magdala
ka ng kawaling bakal, at gamitin mo ito bilang bakal na
pader sa pagitan mo at ng lungsod. Iharap mo ang iyong
mukha sa dakong iyon at sa lungsod, sapagkat lulusubin
ito. Kaya maglagay ka ng panglusob dito! Magiging isang
palatandaan ito ng sambahayan ng Israel. 4 Pagkatapos,
humiga ka ng patagilid sa iyong kaliwa at ilagay mo sa iyong
sarili ang kasalanan ng sambahayan ng Israel; papasanin
mo ang kanilang kasalanan sa bilang ng mga araw na
ikaw ay nakahiga paharap sa sambahayan ng Israel. 5
Ako mismo ang magtatalaga sa iyo ng isang araw upang
kumatawan sa bawat taon ng kanilang kaparusahan: 390
araw! Sa ganitong paraan, papasanin mo ang kasalanan
ng sambahayan ng Israel. 6 Kapag natapos mo na ang
mga araw na ito, humiga ka patagilid sa iyong kanan sa
pangalawang pagkakataon, sapagkat papasanin mo ang
kasalanan ng sambahayan ng Juda sa loob ng apatnapung
araw. Magtatalaga ako sa iyo ng isang araw sa bawat
taon. 7 At Ihaharap mo ang iyong mukha sa Jerusalem na
kasalukuyang linulusob na hindi natatakpan ang iyong bisig,
at maghahayag ka ng propesiya laban dito. 8 Sapagkat
masdan mo! Maglalagay ako ng panali sa iyo upang hindi ka
lumingon sa magkabilang bahagi hanggang sa matapos mo
ang mga araw ng iyong pagkalusob. 9 Magdala ka ng trigo,
sebada, bitsuwelas, lentil, dawa at espelta; ilagay mo sila sa
isang sisidlan at gumawa ka ng tinapay para sa iyong sarili
ayon sa bilang ng mga araw na nakahiga kang patagilid.
Kakainin mo ito nang 390 na araw! 10 Ito ang pagkaing
kakainin mo: Dalawampung siklo ang timbang sa bawat
araw. Kakainin mo ito sa bawat oras. 11 At iinom ka ng
tubig, na may sukat na anim na bahagi ng hin. Iinumin mo
ito maya't-maya. 12 Kakainin mo ito tulad ng mga tinapay na
gawa sa sebada, ngunit lulutuin mo ito gamit ang dumi ng
tao sa kanilang paningin!” 13 Sapagkat sinasabi ni Yahweh,
“Nangangahulugan ito na magiging marumi ang tinapay na
kakainin ng mga tao ng Israel, doon sa mga bansa kung
saan ko sila itataboy.” 14 Ngunit sinabi ko, “O, Panginoong
Yahweh! Kailan man ay hindi ako naging marumi! Hindi
ako kailanman kumakain ng anumang namatay o anumang
pinatay ng mga hayop, mula sa aking pagkabata hanggang
ngayon, at hindi kailanman nakapasok sa aking bibig ang
maruming karne!” 15 Kaya sinabi niya sa akin, “Tingnan
mo! Binigyan kita ng dumi ng baka sa halip na dumi ng tao
upang maaari mo nang lutuin ang iyong tinapay sa ibabaw
ng dumi ng baka.” 16 Sinabi rin niya sa akin, “Anak ng
tao, masdan mo! Sinisira ko ang imbakan ng tinapay sa
Jerusalem, at kakain sila ng tinapay habang nirarasyon ito
sa kabalisaan at iinom ng tubig habang nirarasyon ito na
may panginginig. 17 Dahil kukulangin sila ng tinapay at tubig,
panghihinaan ng loob ang bawat tao sa kaniyang kapatid na
lalaki at matutunaw dahil sa kanilang kasalanan.”

**5** At ikaw, anak ng tao, kumuha ka ng matalim na espada
na parang isang pang-ahit ng barbero para sa iyong
sarili. At padaanin mo ang pang-ahit sa iyong ulo at sa iyong
balbas, at kumuha ka ng mga timbangan upang timbangin at
hatiin ang iyong buhok. 2 Sunugin ang ikatlong bahagi nito
sa apoy sa gitna ng lungsod kapag natapos na ang mga
araw ng paglusob. At kunin mo ang ikatlong bahagi ng buhok
at ihampas mo ito sa pamamagitan ng espada sa buong
palibot ng lungsod. At ikalat ang isang ikatlong bahagi nito
sa hangin, at huhugot ako ng isang espada upang habulin
ang mga tao. 3 Ngunit kumuha ng kaunting buhok mula sa
kanila at itali ang mga ito sa iyong manggas. 4 At kumuha
ng mas maraming buhok at ihagis ito sa gitna ng apoy; at
sunugin ito sa apoy; mula roon ang apoy ay lalabas sa lahat
ng sambahayan ng Israel.” 5 Sinasabi ito ng Panginoong
Yahweh, “Ito ang Jerusalem sa gitna ng mga bansa, kung
saan ko siya inilagay, at kung saan pinalilibutan ko siya ng
ibang mga lupain. 6 Ngunit tinanggihan niya ang aking mga
kautusan sa pamamagitan ng kasamaan higit sa mga bansa,
at ang aking mga palatuntunan higit pa sa mga bansang
nakapalibot sa kaniya. At tinanggihan nila ang aking mga
hatol at hindi lumalakad sa aking mga palatuntunan!” 7 Kaya
sinasabi ito ng Panginoong si Yahweh, “Sapagkat ikaw ay
higit na mapanggulo kaysa mga bansang nakapalibot sa
iyo at hindi lumakad sa aking mga utos o kumilos ayon
sa aking mga kautusan, o kumilos ayon sa mga kautusan
ng mga bansang nakapalibot sa iyo.” 8 Kaya sinasabi
ito ng Panginoong Yahweh, “Masdan ninyo! Ako mismo
ay kikilos laban sa inyo! Isasagawa ko ang mga hatol sa

inyong kalagitnaan upang makita ng mga bansa. 9 Gagawin ko sa inyo kung ano ang hindi ko pa nagagawa at ang katulad nito na hindi ko na gagawing muli, dahil sa lahat ng inyong kasuklam-suklam na mga gawa. 10 Kaya kakainin ng mga ama ang mga bata sa inyong kalagitnaan, at kakainin ng mga anak na lalaki ang kanilang mga ama, yamang magsasagawa ako ng paghatol sa inyo at ikakalat sa bawat dako kayong lahat na naiwan! 11 Samakatuwid, habang ako ay buhay - ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh - tiyak ito sapagkat dinungisan ninyo ang aking santuwaryo sa pamamagitan ng lahat ng inyong kamuhi-muhing mga bagay at sa lahat ng inyong kasuklam-suklam na gawa, ako mismo ang babawas ng inyong bilang; hindi maaawa sa inyo ang aking mata at hindi ko kayo patatawarain. 12 Mamamatay sa salot ang ikatlong bahagi ninyo, at mauubos sila ng kagutuman sa inyong kalagitnaan. Ang ikatlong bahagi sa inyo ay mamamatay sa pamamagitan ng espada sa paligid ninyo. At ikakalat ko ang ikatlong bahagi sa inyo sa bawat dako, at huhugot ng espada upang habulin din sila. 13 At magiging ganap ang aking poot, at ititigil ko ang aking matinding galit sa kanila. Masisiyahan ako, at makilala nila na akong si Yahweh ang nagsasabi ng mga bagay na ito dahil sa aking poot nang matapos ko ang aking matinding galit laban sa kanila. 14 Gagawin ko kayong isang lagim at kahihiyan sa mga bansang nakapalibot sa inyo sa paningin ng bawat isa na dumadaan. 15 Kaya magiging isang bagay ang Jerusalem para sa ibang tao upang isumpa at kutyain, isang babala at isang katatakutan para sa mga bansa na nakapaligid sa inyo. Isasagawa ko ang paghahatol laban sa inyo sa poot at matinding galit, at sa pamamagitan ng isang matinding pagsaway—Ako, si Yahweh ang nagpahayag nito! 16 Magpapadala ako ng malulupit na mga pana ng taggutom laban sa inyo na magiging dahilan upang sirain ko kayo. Sapagkat dadagdagan ko ang taggutom sa inyo at babaliin ko ang inyong tungkod ng tinapay. 17 Magpapadala ako ng taggutom at mga sakuna laban sa inyo upang hindi kayo magkaanak. Dadaan sa inyo ang salot at dugo, at magdadala ako ng espada sa inyo—Ako, si Yahweh ang nagpahayag nito.

**6** Dumating sa akin ang salita ni Yahweh at sinabi, 2 "Anak ng tao, iharap mo ang iyong mukha laban sa mga bundok ng Israel at magpropesiya sa kanila. 3 Sabihin mo, 'Mga bundok ng Israel, makinig kayo sa salita ng Panginoong Yahweh! Sinasabi ito ng Panginoong Yahweh sa mga bundok at sa mga burol, sa mga batis at sa mga lambak: Tingnan ninyo! magdadala ako ng isang espada laban sa inyo at wawasakin ko ang inyong matataas na lugar. 4 Pagkatapos, magiging ulila ang inyong mga dambana at mawawasak ang inyong mga haligi at itatapon ko ang inyong mga patay sa harapan ng inyong mga diyus-diyosan. 5 Ilalatag ko ang patay na mga katawan ng mga tao ng Israel sa harapan ng kanilang mga diyus-diyosan at ikakalat ang inyong mga buto sa palibot sa inyong mga altar. 6 Saanman kayo manirahan, masasayang ang inyong mga lungsod at maging ulila ang inyong matataas na lugar upang ang inyong mga altar ay masasayang at magiging ulila. Pagkatapos, mawawasak ang mga ito at maglalaho, ang inyong mga poste ay ibabagsak at mabubura ang inyong mga gawa. 7 Babagsak ang patay sa inyong kalagitnaan at malalaman ninyo na ako si Yahweh! 8 Ngunit magpapanatili ako ng isang natira sa inyo, at may ilan na makakatakas sa espada sa mga bansa, nang maikalat kayo sa buong mga bansa. 9 At silang mga nakatakas ay alalahanin ako sa mga bansa kung saan sila binihag, nagdalamhati ako sa kanilang hindi matinong puso na tumalikod mula sa akin at sa pamamagitan ng kanilang mga mata na sumumpa sa kanilang mga diyus-diyosan. At nagpapakita sila ng pagkamuhi sa kanilang sarili sa kasamaan na kanilang nagawa kasama ang lahat ng kanilang pagkasuklam. 10 Upang kanilang malaman na ako si Yahweh. Ito ay isang kadahilanan na sinabi kong dadalhin ko ang masamang bagay na ito sa kanila. 11 Ang Panginoong Yahweh ang nagsabi nito: Ipalakpak ang iyong kamay at ipadyak ang iyong paa! Sabihin, "O!" dahil sa lahat ng kasamaang kasuklam-suklam ng sambahayan ng Israel! Sapagkat babagsak sila sa pamamagitan ng espada, taggutom at salot. 12 Ang isang nasa malayo ay mamamatay sa pamamagitan ng salot at ang isang nasa malapit ay babagsak sa pamamagitan ng espada. Silang mga natira at nakaligtas ay mamamatay sa pamamagitan ng taggutom; sa ganitong paraan ko gagawin ang aking poot laban sa kanila. 13 At malalaman ninyo na ako si Yahweh, kapag ang kanilang mga patay ay nakahiga kasama ng kanilang mga diyus-diyosan sa palibot ng kanilang mga altar sa bawat mataas na burol—sa lahat ng mga taluktok ng bundok at sa ilalim ng bawat malagong punong kahoy at mayabong na ensena—ang mga lugar kung saan sila nagsusunog ng mga insenso sa kanilang mga diyus-diyosan. 14 Ipapakita ko ang aking kapangyarihan at gagawin kong ulila at masasayang ang lupain, mula sa ilang hanggang sa Diblah, sa buong lugar kung saan sila naninirahan. At malalaman nila na ako si Yahweh."

**7** Dumating sa akin ang salita ni Yahweh at sinabi, 2 "Ikaw, na anak ng tao—Ang Panginoong Yahweh ang nagsasabi nito sa lupain ng Israel, 'Isang wakas! Isang wakas ang darating sa apat na hangganan ng lupain! 3 Ngayon, ang wakas ay sumasainyo, sapagkat ipinapadala ko sa inyo ang aking poot at hahatulan ko kayo ayon sa inyong mga pamamaraan, pagkatapos dadalhin kong lahat sa inyo ang

inyong mga pagkasuklam. 4 Sapagkat hindi kayo titingnan ng
aking mga mata ng may habag at hindi ko kayo kaaawaan,
kundi dadalhin ko ang inyong pamamaraan sa inyo at
ang inyong mga pagkasuklam ay nasa inyong kalagitnaan,
upang malaman ninyo na ako si Yahweh! 5 Sinasabi ito
ng Panginoong Yahweh: Sakuna! Sunod-sunod na sakuna!
Tingnan ninyo, paparating na ito! 6 Isang pagtatapos ang
tiyak na darating, ang wakas ay nagising laban sa inyo!
Masdan ninyo, paparating na ito! Ang inyong katapusan
ay paparating na sa inyong mga naninirahan sa lupa. 7
Dumating na ang oras, malapit na ang araw ng pagkawasak
at hindi na magagalak ang mga bundok. 8 Ngayon, hindi
magtatagal ay ibubuhos ko ang aking poot laban sa inyo at
mapupuno ang aking matinding galit sa inyo kapag hahatulan
ko kayo ayon sa inyong pamaraan, pagkatapos dadalhin
ko ang lahat ng mga pagkasuklam sa inyo. 9 Sapagkat
hindi kayo titingnan ng aking mata ng may habag at hindi
ko kayo kaaawaan. Ayon sa inyong nagawa, gagawin ko
sa inyo, at ang inyong mga pagkasuklam ay nasa inyong
kalagitnaan upang malaman ninyo na ako si Yahweh, ang
siyang nagpaparusa sa inyo. 10 Masdan ninyo! Ang araw ay
parating na. Naririto na ang kaparusahan. Namukadkad sa
tungkod ang bulaklak ng pagmamataas. 11 Lumago ang
karahasan ng isang tungkod ng kasamaan—wala sa kanila at
wala sa karamihan, wala sa kanilang kayamanan at wala sa
kanilang kahalagahan ang magtatagal! 12 Paparating na ang
oras, papalapit na ang araw. Huwag magalak ang mamimili,
ni tumangis ang manininda, sapagkat ang aking galit ay
nasa buong sangkatauhan! 13 Sapagkat hindi na babalikan
ng manininda ang ipinagbili habang sila ay nabubuhay,
sapagkat ang pangitain ay laban sa buong sangkatauhan,
hindi na sila babalik, sapagkat walang sinumang tao na
namumuhay sa kasalanan ang mapapalakas! 14 Hinipan
na nila ang trumpeta at inihanda na ang lahat, ngunit wala
ni isa ang lumakad upang makilaban, sapagkat ang aking
galit ay nasa buong sangkatauhan! 15 Nasa labas ang
espada at nasa loob ng gusali ang salot at taggutom.
Ang mga nasa bukirin ay mamamatay sa pamamagitan
ng espada, habang ang mga nasa lungsod ay uubusin ng
taggutom at salot. 16 Ngunit ang ilang mga nakaligtas ay
tatakas mula sa kanila at pupunta sila sa mga bundok.
Tulad ng mga kalapati sa mga lambak, mananaghoy silang
lahat—bawat tao dahil sa kaniyang kasalanan. 17 Bawat
kamay ay manghihina at bawat tuhod ay magiging kasing
lambot ng tubig, 18 at magsusuot sila ng magaspang na
tela at mababalot sila ng takot at ang kahihiyan ay nasa
bawat mukha at ang pagkakalbo sa lahat ng kanilang mga
ulo. 19 Itatapon nila ang kanilang pilak sa mga lansangan at
ang kanilang ginto ay magiging tulad ng hindi katanggap-
tanggap. Hindi sila kayang iligtas ng kanilang pilak at ginto
sa panahon ng matinding galit ni Yahweh. Hindi maliligtas
ang kanilang buhay at hindi mapapawi ang kanilang gutom,
sapagkat naging isang nakakatisod na hadlang ang kanilang
kasalanan. 20 Kumuha sila ng palamuting hiyas sa kanilang
pagmamataas at gumawa sila ng diyus-diyosang imahen
na naglalarawan ng kanilang pagkasuklam—ang kanilang
kamuhi-muhing mga kilos na kanilang ginawa ay kasama
nila, kaya, ginagawa kong marumi ang mga bagay na ito
sa kanila. 21 At ibibigay ko ang mga bagay na iyon sa
kamay ng mga dayuhan bilang samsam at sa masasama
sa mundo bilang samsam at dudungisan nila ang mga
ito. 22 Pagkatapos itatalikod ko ang aking mukha mula
sa kanila nang dinudungisan nila ang aking itinatanging
lugar, papasukin ito ng mga tulisan at dudungisan ito!
23 Gumawa ka ng isang tanikala, sapagkat pinuno ang
lupain ng paghahatol ng dugo at puno ng karahasan ang
lungsod. 24 Kaya magdadala ako ng pinakamasama sa
mga bansa at aangkinin nila ang kanilang mga tahanan at
wawakasan ko ang pagmamataas ng makapangyarihan,
sapagkat madudungisan ang kanilang banal na mga lugar.
25 Darating ang takot! Hahanapin nila ang kapayapaan,
ngunit hindi ito masusumpungan! 26 Sunod-sunod na sakuna
ang darating at magkakaroon ng sunod-sunod na bulung-
bulungan! Pagkatapos, maghahanap sila ng pangitain mula
sa isang propeta, ngunit mawawala ang kautusan mula
sa mga pari at payo mula sa sa mga nakatatanda. 27
Magluluksa ang hari at ang prinsipe ay magdadamit ng
kawalan, habang ang mga kamay ng mga tao sa lupain
ay manginginig sa takot. Ayon sa sarili nilang kaparaanan,
gagawin ko ito sa kanila! At hahatulan ko sila sa kanilang
mga sariling pamantayan hanggang malaman nila na ako si
Yahweh!'"

**8** At nangyari na sa ika-anim na taon at ika-anim na buwan
sa ika-limang araw ng buwan, habang nakaupo ako
sa aking bahay at nakaupo sa aking harapan ang mga
nakatatanda ng Juda, ang kamay ng Panginoong Yahweh
ay muling dumating sa akin doon. 2 Kaya tumingin ako, at
pinagmasdan, mayroong larawan na tulad ng isang lalaki
na may anyong tulad ng apoy mula sa kaniyang balakang
pababa! At mayroong isang nagniningning na anyo na tulad
ng kumikinang na metal mula sa kaniyang balakang pataas!
3 At inabot niya ang hugis ng isang kamay at dinala ako
sa pamamagitan ng buhok ng aking ulo; itinaas ako ng
Espiritu sa pagitan ng lupa at langit at sa mga pangitain
mula sa Diyos, dinala niya ako sa Jerusalem, sa pasukan ng
pinakaloob ng hilagang tarangkahan, kung saan nakatayo
ang diyus-diyosang pumupukaw ng matinding paninibugho.
4 At ang kaluwalhatian ng Diyos ng Israel ay naroon, na ang

anyo ay tulad ng aking nakita sa kapatagan. 5 Pagkatapos,
sinabi niya sa akin, "Anak ng tao, ibaling mo ang iyong mga
mata sa hilaga." Kaya ibinaling ko ang aking mga mata sa
hilaga, at sa hilaga ng tarangkahan patungo sa altar, doon
sa pasukan ay mayroong diyus-diyosan ng paninibugho.
6 Kaya sinabi niya sa akin, "Anak ng tao, nakikita mo ba
ang kanilang ginagawa? Ito ay malaking pagkasuklam na
ginawa ng sambahayan ng Israel dito upang lumayo ako
mula sa aking sariling santuwaryo! Ngunit lumingon ka at
makakakita ng mas malalaking pagkasuklam!" 7 At dinala
niya ako sa pintuan ng patyo at tumingin ako, at mayroong
isang butas sa pader. 8 Sinabi niya sa akin, "Anak ng tao,
maghukay ka sa pader na ito." Kaya naghukay ako sa
pader at mayroong isang pintuan! 9 At sinabi niya sa akin
"Pumasok ka at tingnan ang kasamaang kasuklam-suklam na
kanilang ginagawa rito." 10 Kaya pumasok ako at tumingin, at
hala! Mayroong ibat-ibang anyo mula sa mga gumagapang
hanggang sa mga kamuhi-muhing hayop! Bawat diyus-
diyosan ng sambahayan ng Israel ay iniukit sa pader sa
palibot. 11 Pitumpung nakatatanda ng sambahayan ng Israel
ang nandoon at sa kanilang kalagitnaan ay nakatayo si
Jaasanias na anak na lalaki ni Safan. Nakatayo sila sa
harapan ng mga imahen at ang bawat tao ay may pangsuub
sa kaniyang kamay upang ang amoy ng ulap ng insenso
ay pumaitaas. 12 Pagkatapos, sinabi niya sa akin, "Anak
ng tao, nakikita mo ba kung ano ang ginagawa sa dilim ng
mga nakatatanda ng sambahayan ng Israel? Ginagawa ito
ng bawat tao sa kaniyang nakatagong kamara kasama ng
kaniyang diyus-diyosan, sapagkat sinasabi nila, ''Hindi kami
nakikita ni Yahweh! Pinabayaan ni Yahweh ang lupain!'" 13 At
sinabi niya sa akin, "Lumingon ka muli at tingnan ang ibang
mas malaking pagkasuklam na kanilang ginagawa." 14 Ang
sumunod, dinala niya ako sa pasukan ng tarangkahan ng
tahanan ni Yahweh na naroon sa hilagang bahagi, at masdan
ninyo! Ang mga kababaihang nakaupo roon ay nagluluksa
para kay Tammuz. Kaya sinabi niya sa akin, 15 "Nakikita mo
ba ito, anak ng tao? "Lumingon ka muli at tingnan ang ibang
mas malaking pagkasuklam kaysa sa mga ito." 16 At dinala
niya ako sa loobang patyo sa tahanan ni Yahweh, at hala!
Sa pasukan ng templo ni Yahweh sa pagitan ng portiko at
ng altar, mayroong halos dalawampu't limang kalalakihan
na nakatalikod sa templo ni Yahweh at ang kanilang mga
mukha ay nakaharap sa silangan at sumasamba sila kay
Shemesh. 17 Sinabi niya sa akin, "Nakikita mo ba ito anak
ng tao? Ito ba ay napakaliit na bagay para sa sambahayan
ng Juda upang gawin ang mga nakasusuklam na ito na
kanilang ginagawa rito? Sapagkat pinuno nila ang lupain ng
karahasan at bumalik muli upang pukawin ang aking galit,
naglalagay ng mga sanga sa kanilang mga ilong. 18 Kaya
kikilos din ako sa kanila, hindi mahahabag ang aking mata
sa kanila at hindi ko sila kaaawaan. Kahit tatawag sila sa
aking mga tainga na may isang malakas na tinig, hindi ko
sila diringgin!"

9 Pagkatapos, narinig ko siyang umiyak ng may malakas
na tinig, at sinabi, "Hayaan ninyong umakyat ang mga
bantay sa lungsod, may pangwasak na sandata ang bawat
isa sa kaniyang kamay." 2 At masdan! Dumating ang
anim na lalaki mula sa daanan ng itaas na tarangkahan
na nakaharap sa hilaga, may pangpatay na sandata ang
bawat isa sa kaniyang kamay. At mayroong isang lalaki sa
kanilang kalagitnaan na nakasuot ng lino na may kasamang
kagamitan ng eskriba sa kaniyang tagiliran. Kaya pumasok
sila at tumayo sa tabi ng altar na tanso. 3 At umakyat ang
kaluwalhatian ng Diyos ng Israel mula sa kerubin na nasa
bungad ng pintuan ng tahanan. At tinawag niya ang lalaking
nakasuot ng lino na may kagamitan ng eskriba sa kaniyang
tagiliran. 4 Sinabi ni Yahweh sa kaniya, "Dumaan ka sa
kalagitnaan ng lungsod, ang kalagitnaan ng Jerusalem, at
gumawa ng isang palatandaan sa mga noo ng mga lalaking
naghihinagpis at nagbubuntong-hininga tungkol sa lahat
ng mga kasuklam-suklam na naganap sa kalagitnaan ng
lungsod." 5 Pagkatapos, narinig ko siyang nagsalita sa iba,
"Dumaan kayo sa lungsod na kasunod niya at pumatay!
Huwag ninyong hayaang magkaroon ng awa ang inyong mga
mata, at huwag mahabag 6 maski alin sa matatanda, binata,
dalaga, maliliit na mga bata o kababaihan. Patayin ninyo
silang lahat! Ngunit huwag ninyong lapitan ang sinumang
lalaki na may palatandaan sa kaniyang ulo. Magsimula kayo
sa aking santuwaryo!" Kaya sinimulan nila sa matatandang
lalaki na nasa harap ng bahay. 7 Sinabi niya sa kanila,
"Dungisan ninyo ang bahay, at punuin ang mga patyo nito
ng mga patay. Magpatuloy kayo!" Kaya lumabas sila at
sinalakay ang lungsod. 8 At habang sinasalakay nila ito,
natagpuan ko ang aking sariling nag-iisa at nagpatirapa ako
at umiyak at sinabi, "O, Panginoong Yahweh! Lilipulin mo
ba ang lahat ng natira sa Israel sa pagbubuhos ng iyong
matinding galit sa Jerusalem?" 9 Sinabi niya sa akin, "Ang
kasalanan ng sambahayan ng Israel at Juda ay napakalaki.
Ang lupain ay puno ng dugo at ang lungsod ay puno ng
kabuktutan, yamang sinasabi nila, 'Kinalimutan ni Yahweh
ang lupain,' at 'Hindi na tinitingnan ni Yahweh!' 10 Kung
gayon, hindi titingin nang may awa ang aking mata, at hindi
ko sila kaaawaan. Sa halip, dadalhin ko ang lahat ng mga ito
sa kanilang mga ulo." 11 At masdan ninyo! Bumalik ang
taong nakasuot ng lino na may kagamitan ng eskriba sa
kaniyang tagiliran. Ibinalita niya at sinabi, "Nagawa ko na
ang lahat ng iyong ipinag-uutos."

10 At tumingin ako sa pabilog na bubong na nasa itaas
ng ulo ng kerubin; may lumitaw sa itaas nila tila isang
sapiro na may anyong gaya ng isang trono. 2 At nagsalita si
Yahweh sa lalaking nakasuot ng lino at sinabi, “Pumunta ka
sa pagitan ng mga gulong, sa ilalim ng kerubin, at pareho
mong punuin ang iyong mga kamay ng mga nagliliyab na
baga mula sa pagitan ng kerubin at ikalat ang mga ito sa
buong lungsod.” At pumasok ang lalaki habang ako ay
nakatingin. 3 Tumayo ang kerubin sa kanang bahagi ng
tahanan nang pumasok ang lalaki, at pinuno ng ulap ang
dakong loob ng patyo. 4 Pumaitaas ang kaluwalhatian ni
Yahweh mula sa kerubin at tumayo sa bungad ng pintuan
ng bahay; pinuno nito ang tahanan ng ulap, at puno ng
liwanag ang patyo ng kaluwalhatian ni Yahweh. 5 At narinig
ko ang tunog ng mga pakpak ng kerubin sa labas ng patyo,
tulad sa tinig ng Makapangyarihang Diyos kapag siya ay
nagsasalita. 6 At nangyari ito nang inutusan ng Diyos ang
lalaking nakasuot ng lino at sinabi, “Kumuha ka ng apoy
mula sa pagitan ng dalawang gulong na nasa pagitan ng
kerubin,” at pumasok ang lalaki at tumayo sa tabi ng isang
gulong. 7 Inabot ng isang kerub ang kaniyang kamay sa
pagitan ng kerubin sa apoy na nasa gitna ng kerubin, at
itinaas ito at inalagay ito sa mga kamay ng isang nakasuot
ng lino. Kinuha ito ng lalaki at nagpunta sa labas. 8 Nakita
ko sa kerubin ang isang bagay na tulad ng isang kamay ng
tao sa ilalim ng kanilang mga pakpak. 9 Kaya tumingin ako,
at hala! Apat na gulong ang nasa tabi ng kerubin—isang
gulong bawat kerub—at ang anyo ng mga gulong ay tulad
ng isang batong berila. 10 Lumitaw silang apat na may
pagkakahawig, tulad ng isang gulong na pinagsalikupan
sa isa pang gulong. 11 Kapag gumalaw sila, pumunta sila
sa kahit saanmang dako; hindi sila lumingon nang sila ay
gumalaw sapagkat gumalaw sila patungo sa lugar kung saan
nakaharap ang ulo. Hindi sila lumilingon kapag gumalaw na
sila. 12 Ang kanilang buong katawan—kasama ang kanilang
mga likod, mga kamay, at mga pakpak—ay natakpan ng
mga mata, at tinakpan din ng mga mata ang palibot ng apat
na mga gulong. 13 Habang nakikinig ako, tinawag ang mga
gulong na, “Umiikot.” 14 May apat na mukha ang bawat isa;
ang unang mukha ay mukha ng isang kerub, ang ikalawang
mukha ay mukha ng isang tao, ang ikatlo ay mukha ng
isang leon, at ang ika-apat ay mukha ng isang agila. 15
At pumaitaaas ang kerubin—ito ang mga nabubuhay na
nilalang na nakita ko sa Ilog Kebar. 16 Kapag gumalaw ang
kerubin, ang mga gulong ay sumasama sa kanilang tabi; at
kapag itataas ng kerubin ang kanilang mga pakpak upang
pumaitaas mula sa lupa, hindi umiikot ang mga gulong.
Nananatili ang mga ito sa kanilang tabi. 17 Kapag nakatayo
pa rin ang mga kerubin, nananatili din ang mga gulong, at
kapag pumapaitaas sila, pumapaitaas din ang mga gulong
kasama nila, sapagkat ang espiritu ng nabubuhay na nilalang
ay nasa mga gulong. 18 At umalis ang kaluwalhatian ni
Yahweh mula sa ibabaw ng bungad ng pintuan ng bahay at
tumayo sa ibabaw ng kerubin. 19 Itinaas ng kerubin ang
kanilang mga pakpak at pumaitaas mula sa lupa sa aking
paningin nang sila ay lumabas, at ganoon din ang ginawa ng
mga gulong sa kanilang tabi. Tumayo sila sa silanganang
pasukan sa tahanan ni Yahweh, at ang kaluwalhatian ng
Diyos ng Israel ay dumating sa kanila mula sa itaas. 20 Ito
ang mga nabubuhay na nilalang na nakita ko sa ibaba ng
Diyos ng Israel sa kanal Kebar, kaya alam kong mga kerubin
sila! 21 Mayroon silang apat na mukha bawat isa at apat na
mga pakpak, at ang pagkakahawig ng mga kamay ng tao sa
ilalim ng kanilang mga pakpak; 22 at ang pagkakahawig
ng kanilang mga mukha ay tulad ng mga mukha na nakita
ko sa pangitain sa kanal Kebar, at naunang pumaroon ng
tuwiran ang bawat isa sa kanila.

11 Pagkatapos itinaas ako ng Espiritu at dinala sa
silanganang tarangkahan ng tahanan ni Yahweh na
nakaharap sa silangan; at masdan ninyo! Sa pintuang-daanan
ng tarangkahan ay may dalawampu't limang kalalakihan.
Nakita ko si Jaazanias na anak na lalaki ni Azur, at Pelatia na
anak na lalaki ni Benaias, mga pinuno ng mga tao ang nasa
gitna nila. 2 Sinabi ng Diyos sa akin, “Anak ng tao, ito ang
mga lalaking nag-iisip ng kasamaan, at ang nagpapasiya
ng mga masasamang plano sa lungsod na ito. 3 Sinasabi
nila, 'Ang panahon ng pagtatayo ng mga bahay ay hindi
rito; ang lungsod na ito ang palayok, at tayo ang karne.'
4 Kaya magpropesiya ka laban sa kanila. Magpropesiya
ka, anak ng tao!” 5 Pagkatapos, bumaba ang Espiritu ni
Yahweh sa akin at sinabi niya sa akin, “Sabihin mo: Ito ang
sinasabi ni Yahweh: gaya ng iyong sinasabi, Sambahayan
ng Israel; sapagkat alam ko ang mga bagay na naiisip
ninyo. 6 Pinarami ninyo ang mga taong inyong pinatay
sa lungsod na ito at pinuno ninyo ang mga lansangan sa
pamamagitan nila. 7 Kaya, ito ang sinasabi ng Panginoong
Yahweh: Ang mga taong pinatay ninyo, na inyong inalatag
ang mga katawan sa gitna ng Jerusalem, ay ang mga karne,
at ang lungsod na ito ay ang palayok. Ngunit palalayasin
kayo mula sa gitna ng lungsod na ito. 8 Kinatakutan ninyo
ang espada, kaya dadalhin ko ang espada sa inyo—Ito
ang pahayag ng Panginoong Yahweh. 9 Dadalhin ko kayo
palabas sa gitna ng lungsod, at ibibigay sa mga kamay
ng mga dayuhan, sapagkat magdadala ako ng hatol laban
sa inyo. 10 Babagsak kayo sa pamamagitan ng espada.
Hahatulan ko kayo sa loob ng mga hangganan ng Israel
kaya malalaman ninyo na ako si Yahweh! 11 Ang lungsod na
ito ay hindi ninyo magiging lutuang palayok, ni magiging

karne kayo sa kaniyang kalagitnaan. Hahatulan ko kayo sa
loob ng mga hangganan ng Israel. 12 At malalaman ninyo
na ako si Yahweh, ang kautusan na hindi ninyo nilakaran
at ang mga utos na hindi ninyo tinupad. Sa halip, tinupad
ninyo ang mga utos ng mga bansang nakapalibot sa inyo."
13 At nangyari ito habang ako ay nagpapahayag, namatay
si Pelatia na anak na lalaki ni Benaias. Kaya nagpatirapa
ako at umiyak ng may isang malakas na tinig at sinabi, "O,
Panginoong Yahweh! Ganap mo bang lilipulin ang nalalabi
sa Israel?" 14 Dumating sa akin ang salita ni Yahweh at
sinabi, 15 "Anak ng tao, ang iyong mga kapatid! Ang iyong
mga kapatid! Ang mga kalalakihan sa inyong angkan at ang
lahat ng sambahayan ng Israel! Silang lahat na nagsabing
mga naninirahan sa Jerusalem, 'Malayo na sila kay Yahweh!
Ibinigay ang lupaing ito sa atin bilang ating pag-aari!' 16
Kaya sabihin mong, 'Sinasabi ito ng Panginoong Yahweh:
bagaman inalis ko sila palayo sa mga bansa, at bagaman
ikinalat ko sila sa mga lupain, gayunpaman ako ang naging
isang santuwaryo para sa kanila sa isang sandali sa mga
lupain kung saan sila pumunta.' 17 Kaya sabihin mong,
'Sinasabi ito ng Panginoong Yahweh: Titipunin ko kayo mula
sa mga tao, at iipunin mula sa mga lupain kung saan kayo
ikinalat, at ibibigay ko sa inyo ang lupain ng Israel!' 18
Pagkatapos, pupunta sila doon at tatanggalin ang bawat
kamuhi-muhing bagay at pagkasuklam mula sa lugar na
iyon. 19 At bibigyan ko sila ng isang puso, at lalagyan ng
bagong espiritu kapag lumapit sila sa akin; tatanggalin ko
ang pusong bato mula sa kanilang laman at bibigyan ko sila
ng isang pusong laman, 20 upang lumakad sila sa aking mga
kautusan, tutuparin nila ang aking utos at gawin ang mga
ito. At magiging mga tao ko sila, at ako ang magiging Diyos
nila. 21 Ngunit sa mga lumalakad ng may pagkabighani
tungo sa kanilang kamuhi-muhing mga bagay at kanilang
mga pagkasuklam, dadalhin ko ang kanilang gawa sa sarili
nilang mga ulo. Ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh."
22 At itinaas ng kerubin ang kanilang mga pakpak at ang
mga gulong na nasa tabi nila, at ang kaluwalhatian ng Diyos
ng Israel ay pumaitaas sa ibabaw nila. 23 At umakyat ang
kaluwalhatian ni Yahweh mula sa loob sa gitna ng lungsod at
tumayo sa bundok sa silangan ng lungsod. 24 At itinaas ako
ng Espiritu at dinala sa Caldea, sa mga binihag, sa pangitain
mula sa Espiritu ng Diyos. At ang pangitaing aking nakita
ay umakyat mula sa akin. 25 Pagkatapos, ihinayag ko sa
mga bihag ang lahat ng mga bagay na ipinakita sa akin ni
Yahweh.

**12** Dumating sa akin ang salita ni Yahweh at sinabi,
2 "Anak ng tao, naninirahan ka sa kalagitnaan ng
mapanghimagsik na sambahayan kung saan may mga
mata sila upang makakita ngunit hindi sila nakakakita at
kung saan may mga tainga sila upang makarinig ngunit
hindi nakikinig dahil mapanghimagsik sila na sambahayan!
3 Kaya ikaw, anak ng tao, ihanda mo ang iyong mga
gamit para sa pagkakapatapon at simulan mong umalis sa
umaga sa kanilang mga paningin, sapagkat sa kanilang mga
paningin, ipapatapon kita mula sa iyong lugar patungo sa
isa pang lugar. Marahil masisimulan nilang makita kahit pa
mapanghimagsik sila na sambahayan. 4 At ilalabas mo
sa umaga ang iyong mga gamit para sa pagkakatapon sa
kanilang mga paningin, lumabas ka sa gabi sa kanilang
mga paningin sa paraan kung paano maipapatapon ang
sinuman. 5 Maghukay ka ng isang butas sa pader sa
kanilang mga paningin at lumabas ka sa pamamagitan nito.
6 Sa kanilang mga paningin, pasanin mo ang iyong mga
gamit sa iyong balikat at ilabas ang mga ito sa kadiliman.
Takpan mo ang iyong mukha sapagkat hindi mo dapat
makita ang lupain, yamang itinalaga kita bilang isang tanda
sa sambahayan ng Israel." 7 Kaya ginawa ko ito gaya
ng inutos sa akin. Inilabas ko ang aking mga gamit ng
pagkakatapon sa umaga at sa gabi naghukay ako ng butas
sa pader gamit ang aking kamay. Inilabas ko sa kadiliman
ang aking mga gamit at pinasan ko ang mga ito sa aking
balikat sa kanilang mga paningin. 8 At noong madaling araw,
dumating sa akin ang salita ni Yahweh at sinabi, 9 "Anak
ng tao, hindi ba nagtatanong sa iyo ang sambahayan ng
Israel, ang mapanghimagsik na sambahayang iyon kung,
'Ano ang iyong ginagawa?' 10 Sabihin mo sa kanila, 'Ito
ang sinasabi ng Panginoong Yahweh: para sa prinsipe
ng Jerusalem ang gawain ng pagpapahayag na ito at sa
lahat ng sambahayan ng Israel na kinalalakipan nila.' 11
Sabihin mo, 'Isa akong tanda sa inyo. Tulad ng aking ginawa,
gayundin ang mangyayari sa kanila, maipapatapon sila at
malalagay sa pagkabihag. 12 Papasanin ng kasama nilang
prinsipe sa kaniyang mga balikat ang kaniyang mga gamit sa
kadiliman at lalabas sa pamamagitan ng pader. Maghuhukay
sila sa pader at ilalabas ang kanilang mga gamit. Tatakpan
niya ang kaniyang mukha upang hindi niya makita ang lupain
gamit ang kaniyang mga mata.' 13 Sasakluban ko siya ng
aking lambat at mahuhuli siya sa aking bitag at dadalhin
ko siya sa Babilonia, ang lupain ng mga Caldeo, ngunit
hindi niya ito makikita. Doon siya mamamatay. 14 Ikakalat
ko rin sa lahat ng dako ang lahat ng mga nakapalibot sa
kaniya na tutulong sa kaniya at ng kaniyang buong hukbo
at magpapadala ako ng espada sa kanilang likuran. 15 At
malalaman nila na Ako si Yahweh, kapag ikinalat ko sila sa
mga bansa at pinaghiwa-hiwalay ko sila sa buong lupain. 16
Ngunit magtitira ako ng ilang mga kalalakihan sa kanila mula
sa espada, taggutom at salot nang sa gayon ay maitala nila
ang lahat ng kanilang mga kasuklam-suklam na mga gawain

sa lupain kung saan ko sila dinala upang malaman nila na
Ako si Yahweh!" 17 Dumating sa akin ang salita ni Yahweh
at sinabi, 18 "Anak ng tao, kainin mo ang iyong tinapay nang
may panginginig at inumin mo ang iyong tubig nang may
pangangatal at pag-aalala. 19 At sabihin mo sa mga tao
sa lupain, 'Ito ang sinasabi ng Panginoong Yahweh para
sa mga naninirahan sa Jerusalem at sa lupain ng Israel:
Kakainin nila ang kanilang tinapay nang may panginginig at
iinumin ang kanilang tubig habang nangangatal, yamang
masasamsam ang lupain at kabuuan nito dahil sa karahasan
ng lahat ng mga naninirahan doon. 20 Kaya mapapabayaan
ang mga pinaninirahang lungsod at magiging kaparangan
ang lupain; kaya malalaman ninyo na Ako si Yahweh!'" 21
Muling dumating sa akin ang salita ni Yahweh at sinabi, 22
"Anak ng tao, ano itong kasabihang mayroon kayo sa lupain
ng Israel na nagsasabing, 'Matagal pa ang mga araw at
hindi natutupad ang bawat pangitain?' 23 Kaya sabihin mo
sa kanila, 'Sinasabi ito ng Panginoong Yahweh: Lalagyan
ko ng katapusan ang kasabihang ito upang hindi na ito
magamit pa ng mga Israelita kailanman.' At ipahayag mo
sa kanila, 'Nalalapit na ang mga araw at maihahayag ang
bawat pangitain!' 24 Sapagkat hindi na magkakaroon ng
anumang mga pangitaing hindi totoo o mga pagtatanging
panghuhula sa loob ng sambahayan ng Israel. 25 Sapagkat
ako si Yahweh! Nagsasalita ako at isinasagawa ko ang
lahat ng mga salitang sinasabi ko. Hindi na magtatagal
ang bagay na ito. Sapagkat ihahayag ko ang mga salitang
ito sa inyong mga araw, kayo na mga mapanghimagsik
na sambahayan, at isasagawa ko ang mga ito! —Ito ang
pahayag ng Panginoong Yahweh." 26 Muling dumating
sa akin ang salita ni Yahweh at sinabi, 27 "Anak ng tao,
tingnan mo! 'Sinabi ng sambahayan ng Israel, 'Matagal pang
mangyayari mula sa araw na ito ang pangitain na kaniyang
nakikita at matatagalan pa ang kaniyang mga ipinahayag.' 28
Kaya sabihin mo sa kanila, 'Ito ang sinasabi ng Panginoong
Yahweh: Hindi na maaantala ang aking mga salita ngunit
mangyayari ang mga salitang sinabi ko! —Ito ang pahayag
ng Panginoong Yahweh!'"

**13** Muling dumating sa akin ang salita ni Yahweh at
sinabi, 2 "Anak ng tao, magpahayag ka laban sa
mga propetang nagpapahayag sa Israel at sabihin mo sa
mga nagpapahayag mula sa kanilang mga sariling isipan,
'Makinig kayo sa salita ni Yahweh! 3 Ito ang sinabi ng
Panginoong Yahweh, 'Kaawa-awa ang mga hangal na
propeta na sinusunod ang kanilang sariling diwa, ngunit
wala namang nakita! 4 Israel, parang naging mga asong
gubat sa mga kaparangan ang inyong mga propeta. 5 Hindi
ninyo pinuntahan ang mga bitak sa pader sa palibot ng
sambahayan ng Israel para ayusin ito upang makalaban sa
digmaan sa araw ni Yahweh. 6 May mga pangitaing hindi
totoo ang mga tao at gumagawa ng mga panghuhulang
hindi totoo, ang mga nagsasabi, "Ito ang mga pahayag ni
Yahweh." Hindi sila isinugo ni Yahweh, ngunit gayon pa
man, pinapaasa nila ang mga tao na magkakatotoo ang
kanilang mga mensahe. 7 Hindi ba may mga pangitain kayo
na hindi totoo at gumagawa kayo ng mga panghuhulang
hindi totoo, kayo na mga nagsasabi, "Ito ang mga pahayag
ni Yahweh" kahit hindi ko naman ito sinabi?' 8 Kaya ito
ang sinasabi ng Panginoong Yahweh, 'Dahil nagkaroon
kayo ng mga pangitaing hindi totoo at nagsabi ng mga
kasinungalingan—kaya ito ang pahayag ng Panginoong
Yahweh laban sa inyo: 9 Magiging kalaban ng aking kamay
ang mga propetang may mga pangitaing kasinungalingan
at gumagawa ng mga panghuhulang hindi totoo. Hindi sila
mapapabilang sa pagtitipon ng aking mga tao o maitatala sa
talaan ng sambahayan ng Israel, hindi sila dapat makapunta
sa lupain ng Israel. Sapagkat malalaman ninyo na Ako ang
Panginoong Yahweh! 10 Dahil dito at dahil pinangunahan nila
ang aking mga tao upang mailigaw at sinabi, "Kapayapaan!
kahit walan namang kapayapaan, nagpapatayo sila ng mga
pader na kanilang pipintahan ng kalburong pampinta.' 11
Sabihin mo sa mga nagpipinta ng kalburong pampinta sa
pader, "Guguho ito, magkakaroon ng malakas na pagbuhos
ng ulan at magpapadala ako ng mga ulan na may kasamang
yelo upang pabagsakin ito at isang napakalakas na hangin
upang masira ito. 12 Tingnan ninyo, babagsak ang pader.
Hindi ba sinabi ng iba sa inyo, "Nasaan na ang kalburong
pampinta na inyong itinapal dito?"' 13 Kaya ito ang sinasabi
ng Panginoong Yahweh, "Magpapadala ako ng napakalakas
na hangin dahil sa aking galit at magkakaroon ng pagbaha
ng ulan dahil sa aking poot! Ganap na sisirain ito ng ulan
na may kasamang yelo dahil sa aking galit! 14 Sapagkat
pababagsakin ko ang pader na pinintahan ng kalburong
pampinta at pababagsakin ko ito sa lupa at mabubuwal
hanggang sa pundasyon nito. Kaya babagsak ito at malilipol
kayong lahat sa kalagitnaan nito. At malalaman ninyo na Ako
si Yahweh! 15 Sapagkat lilipulin ko sa aking matinding galit
ang pader at ang mga nagpinta nito ng kalburong pampinta.
Sasabihin ko sa inyo, "Mawawala na ang pader maging
ang mga taong nagpinta nito ng kalburong pampinta—
16 ang mga propeta ng Israel na nagpahayag tungkol sa
Jerusalem at ang mga may pangitain ng kapayapaan para
sa kaniya. Ngunit walang kapayapaan! —ito ang pahayag
ng Panginoong Yahweh."' 17 Kaya ikaw, anak ng tao,
humarap ka laban sa mga babaeng anak ng iyong mga tao
na nagpapahayag mula sa kanilang mga sariling isipan at
magpahayag ka laban sa kanila. 18 Sabihin mo, 'Ito ang
sinasabi ng Panginoong Yahweh: "Kaawa-awa ang mga

kababaihang gumagawa ng mga agimat sa lahat ng bahagi
ng kanilang mga kamay at gumagawa ng mga talukbong na
may iba't ibang sukat para sa kanilang mga ulo na ginagamit
upang makabihag ng mga tao. Bibihagin ba ninyo ang aking
mga tao ngunit ililigtas ang inyong mga sariling buhay? **19**
Nilapastangan ninyo ako sa harap ng aking mga tao para
lamang sa sandakot na sebada at mga durog na tinapay
upang patayin ang mga tao na hindi naman dapat mamatay
at upang pangalagaan ang buhay ng mga hindi dapat
manatiling buhay, dahil sa mga kasinungalingan ninyo sa
aking mga tao na nakarinig sa inyo. **20** Kaya ito ang sinasabi
ng Panginoong Yahweh, “Tutol ako sa mga agimat na inyong
ginamit upang mabitag ang buhay ng mga tao na parang
mga ibon. Sa katunayan, hahablutin ko ang mga ito mula sa
inyong mga braso at hahayaan kong lumaya ang mga taong
nabihag ninyo na parang mga ibon—pakakawalan ko sila.
**21** Pupunitin ko ang inyong mga talukbong at ililigtas ko ang
aking mga tao mula sa inyong kamay upang hindi na sila
muling mabihag sa inyong mga kamay. At malalaman ninyo
na Ako si Yahweh! **22** Dahil pinahina ninyo ang puso ng
matuwid na tao sa pamamagitan ng mga kasinungalingan,
kahit na hindi ko ninais ang kaniyang kawalan ng pag-asa,
at sa halip, hinimok ninyo ang gawain ng masasamang tao
upang hindi siya tumalikod mula sa kaniyang kaparaanan
upang mailigtas ang kaniyang buhay— **23** kaya hindi na kayo
magkakaroon pa ng mga pangitang hindi totoo o magpatuloy
na gumawa ng mga panghuhulang hindi totoo sapagkat
ililigtas ko ang aking mga tao mula sa inyong kamay. At
malalaman ninyo na Ako si Yahweh!'”

**14** Pumunta sa akin ang ilang mga nakatatanda ng Israel
at umupo sa aking harapan. **2** At dumating sa akin
ang salita ni Yahweh at sinabi, **3** “Anak ng tao, taglay ng
mga kalalakihang ito ang kanilang mga diyus-diyosan sa
kanilang mga puso at inilagay ang katitisuran ng kanilang
kasamaan sa harap ng kanilang mga sariling mukha. Dapat
ba silang sumangguni sa akin? **4** Kaya ipahayag mo ito
sa kanila at sabihin mo sa kanila, 'Ito ang sinasabi ng
Panginoong Yahweh: 'Ang bawat tao sa sambahayan ng
Israel na nagtataglay ng kaniyang diyus-diyosan sa kaniyang
puso o ang naglalagay ng katitisuran ng kaniyang kasamaan
sa kaniyang harapan at ang pupunta sa propeta—ako si
Yahweh, sasagutin ko siya ayon sa bilang ng kaniyang mga
diyus-diyosan. **5** Gagawin ko ito upang mabawi ko ang
sambahayan ng Israel, ang kanilang mga puso na inilayo sa
akin sa pamamagitan ng kanilang mga diyus-diyosan!' **6**
Kaya sabihin mo sa sambahayan ng Israel, 'Sinasabi ito ng
Panginoong Yahweh: Magsisi na kayo at talikuran na ninyo
ang inyong mga diyus-diyosan! Tumalikod na kayo sa lahat
ng inyong mga kasuklam-suklam na gawain! **7** Sapagkat ang
bawat isa na mula sa sambahayan ng Israel at ang bawat
isa na mga dayuhang naninirahan sa Israel na lumayo sa
akin, na taglay ang kaniyang mga diyus-diyosan sa kaniyang
puso at inilagay ang katitisuran ng kaniyang kasamaan sa
harap ng kaniyang sariling mukha, at pupunta sa isang
propeta upang hanapin ako—Ako, si Yahweh ang mismong
sasagot sa kaniya! **8** Kaya haharap ako laban sa taong
iyon at gagawin ko siyang isang tanda at isang kawikaan,
sapagkat ihihiwalay ko siya sa kalagitnaan ng aking mga tao,
at malalaman ninyo na Ako si Yahweh! **9** Kapag nilinlang
ang isang propeta at nagsabi ng isang mensahe, at ako, si
Yahweh, lilinlangin ko ang propetang iyon, iuunat ko ang
aking kamay laban sa kaniya at wawasakin ko siya sa
kalagitnaan ng aking mga Israelita. **10** At papasanin nila ang
kanilang sariling kasamaan; ang kasamaan ng propeta ay
magiging katulad ng kasamaan ng mga sumasangguni sa
kaniya. **11** Dahil dito, hindi na lilihis sa pagsunod sa akin
ang sambahayan ng Israel o ni dudungisan ang kanilang
mga sarili sa lahat ng kanilang mga pagsuway kailanman.
Magiging mga tao ko sila at ako ang kanilang magiging
Diyos—Ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh!'” **12** At
dumating sa akin ang salita ni Yahweh at sinabi, **13** “Anak ng
tao, kapag nagkasala ang isang lupain laban sa akin sa
pamamagitan ng paggawa ng kasalanan upang iunat ko ang
aking kamay laban dito at babaliin ang tungkod ng tinapay
nito at magpapadala ako sa kaniya ng taggutom at papatayin
ang tao at hayop mula sa lupain; **14** at kahit na ang tatlong
kalalakihang ito—Noe, Daniel, at Job—ay nasa kalagitnaan
ng lupain, maililigtas lamang nila ang sarili nilang buhay
sa pamamagitan ng kanilang pagiging matuwid—Ito ang
pahayag ng Panginoong Yahweh. **15** Kung magpapadala
ako ng mga mababangis na hayop sa lupain at gawin itong
tigang upang maging kaparangan na walang mga tao ang
makakadaan dahil sa mga mababangis na hayop, **16** at
kahit pa naroon ang mga dating tatlong kalalakihan na
ito—habang ako ay nabubuhay, ang pahayag ng Panginoong
Yahweh—hindi nila maililigtas kahit pa ang kanilang mga
sariling anak na lalaki at babae, ang sariling buhay lamang
nila ang maililigtas, ngunit magiging kaparangan ang lupain!
**17** O kung magpapadala man ako ng espada laban sa lupain
na iyon at sabihin, 'Espada, pumunta ka sa mga lupain
at patayin mo ang tao at hayop mula rito'— **18** at kahit
pa nasa kalagitnaan ng lupain ang tatlong kalalakihang
ito—habang ako ay nabubuhay, ang pahayag ng Panginoong
Yahweh—hindi nila maililigtas kahit pa ang kanilang mga
sariling anak na lalaki at babae, ang sarili lamang nilang
buhay ang kanilang maililigtas. **19** O kung magpapadala man
ako ng salot laban sa lupain na ito at ibubuhos ko ang aking
matinding galit laban dito sa pamamagitan ng pagdanak ng

dugo upang patayin ang mga tao at hayop 20 at kahit pa nasa
lupaing iyon sina Noe, Daniel, at Job—habang ako ay buhay,
ang pahayag ng Panginoong Yahweh—hindi nila maililigtas
kahit pa ang kanilang mga sariling anak na lalaki at babae,
ang sarili lamang nilang buhay ang kanilang maililigtas sa
pamamagitan ng kanilang pagiging matuwid. 21 Sapagkat ito
ang sinasabi ng Panginoong Yahweh: tinitiyak kong magiging
malala ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng ipapadala
kong apat na kaparusahan—taggutom, espada, mababangis
na hayop at salot—laban sa Jerusalem upang patayin ang
mga tao at hayop mula sa kaniya. 22 Gayunman, tingnan
mo! May mga matitira sa kaniya, mga nakaligtas na lalabas
kasama ang mga anak na lalaki at babae. Tingnan mo!
Lalabas sila mula sa iyo at makikita mo ang kanilang mga
kaparaanan at mga kilos at maaaliw hinggil sa kaparusahan
na aking ipinadala sa Jerusalem at tungkol sa lahat ng mga
bagay na aking ipinadala laban sa lupain. 23 Aaliwin ka
ng mga nakaligtas kapag makikita mo ang kanilang mga
kaparaanan at ang kanilang mga kilos kaya malalaman mo
na ginawa ko ang lahat ng bagay na ito laban sa kaniya na
hindi ko ito ginawa sa kanila nang walang kabuluhan! —Ito
ang pahayag ng Panginoong Yahweh!"

**15** Pagkatapos, dumating sa akin ang salita ni Yahweh
at sinabi, 2 "Anak ng tao, paanong mas higit ang isang
puno ng ubas kaysa sa anumang punong may mga sanga
na nasa isang kagubatan? 3 Makakakuha ba ng kahoy
ang mga tao mula sa puno ng ubas upang gumawa ng
anumang bagay? O makakagawa ba sila ng tulos mula dito
upang pagsabitan ng anumang bagay? 4 Tingnan mo! Kung
ihahagis ito sa apoy bilang panggatong, at kung natupok na
ng apoy ang magkabilang dulo nito, pati na ang gitna, may
pakinabang pa ba ito? 5 Tingnan mo! Nang ito ay buo pa,
walang magagawang anumang bagay dito, kapag nasunog
ng apoy, tiyak na hindi pa rin ito mapakikinabangan! 6 Kaya
ito ang sinabi ng Panginoong Yahweh, di gaya ng mga puno
sa mga kagubatan, ibinigay ko ang puno ng ubas bilang
panggatong sa apoy; ganoon ding paraan ang gagawin ko
sa mga naninirahan sa Jerusalem. 7 Sapagkat itatakda ko
ang aking mukha laban sa kanila. Kahit na makalabas sila
mula sa apoy, matutupok parin sila ng apoy, kaya malalaman
ninyo na ako si Yahweh, kapag itinakda ko ang aking mukha
laban sa kanila. 8 At gagawin kong tinalikuran at walang
naninirahan ang kanilang lupain dahil sa ginawa nilang
kasalanan—Ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh!"

**16** At dumating ang salita ni Yahweh sa akin at sinabi,
2 "Anak ng tao, ipaalam mo sa Jerusalem ang tungkol
sa kaniyang mga gawang kasuklam-suklam, 3 at ipahayag,
'Ito ang sinasabi ng Panginoong Yahweh sa Jerusalem:
Nangyari ang iyong pasimula at kapanganakan sa lupain
ng Canaan; isang Amoreo ang iyong ama at isang Heteo
ang iyong ina. 4 Sa araw ng iyong kapanganakan, hindi
pinutol ng iyong ina ang iyong pusod, ni hindi ka niya
nilinisan sa tubig o kinuskos ng asin o binalot ng tela. 5
Walang matang nahabag sa iyo upang gawin sa iyo ang
alinman sa mga bagay na ito, ang mahabag sa iyo! Sa araw
na ipinanganak ka, habang naliligo sa sarili mong dugo,
mayroong nasuklam sa iyong buhay, itinapon ka sa isang
malawak na kaparangan. 6 Ngunit nadaanan kita at nakita
kitang naliligo sa iyong sariling dugo, kaya sinabi ko sa iyo
habang duguan, "Mabuhay ka!" 7 Pinalaki kitang katulad
ng isang halaman sa isang kaparangan. Dumami ka at
naging tanyag, at napalamutian ng mga hiyas. Namuo ang
iyong dibdib at kumapal ang iyong buhok, ngunit ikaw ay
hubo't hubad parin. 8 Nadaanan kitang muli, at nakita kita at
tingnan mo! Dumating na sa iyo ang oras ng pag-ibig kaya
sinuotan kita ng balabal at tinakpan ang iyong kahubaran.
Pagkatapos, nangako ako sa iyo at dinala kita sa isang
kasunduan—ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh—at
ikaw ay naging akin. 9 Kaya hinugasan kita ng tubig at
binanlawan ko ang iyong dugo mula sa iyo, at pinahiran kita
ng langis. 10 Dinamitan kita ng mga naburdahang damit at
nilagyan ng balat na sandalyas ang iyong paa, binalot kita ng
pinong lino at tinakpan ng sedang damit. 11 Ang sumunod,
pinalamutian kita ng mga alahas at nilagyan ko ng pulseras
ang iyong mga kamay at kuwintas sa iyong leeg. 12 Nilagyan
ko ng hikaw ang iyong ilong at tainga at isang magandang
korona sa iyong ulo. 13 Kaya napalamutian ka ng ginto at
pilak at nadamitan ka ng pinong lino, sedang damit at mga
binurdahang damit; kumain ka ng pinakamainam na harina,
pulot-pukyutan, at langis, at napakaganda mo, at ikaw ay
naging isang reyna. 14 Lumaganap ang iyong katanyagan
sa mga bansa dahil sa iyong kagandahan, sapagkat ito ay
ganap sa karangyaang ibinigay ko sa iyo—ito ang pahayag
ng Panginoong Yahweh. 15 Ngunit nagtiwala ka sa iyong
sariling kagandahan, at kumilos kang tulad ng mga babaeng
bayaran dahil sa iyong katanyagan; ibinuhos mo ang iyong
gawaing kahalayan sa sinumang dumaraan. Naging pag-aari
ka ng mga kalalakihang iyon! 16 Pagkatapos, hinubad mo
ang iyong mga damit at gumawa kang kasama nila ng mga
dambanang pinalamutian ng iba't ibang kulay, at kumilos ka
sa kanilang tulad ng isang babaeng bayaran. Hindi ito dapat
dumating! Hindi ito dapat nangyari! 17 Kinuha mo ang mga
magagandang alahas na ginto at pilak na ibinigay ko sa iyo,
at gumawa ka ng mga anyong lalaki para sa iyong sarili,
at gumawa kang kasama nila ng mga gawaing katulad ng
ginagawa ng babaeng bayaran. 18 Kinuha mo ang iyong
mga naburdahang kasuotan at ibinalot mo sa kanila, at

inilagay mo sa kanila ang aking mga langis at mga pabango.
**19** At ang aking mga tinapay na gawa sa mga pinong
harina, langis at pulot-pukyutan na ibinigay ko sa iyo— mga
ipinakain ko sa iyo! — inilagay mo sa harapan nila upang
magdulot ng matamis na amoy. Tunay nga itong nangyari!
—ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh. **20** Pagkatapos
ay kinuha mo ang iyong mga lalaki at babaeng anak na
iyong isinilang para sa akin at iyong inialay sa mga imahe
upang lamunin bilang pagkain. Maliit na bagay ba ang iyong
ginagawang kahalayan? **21** Pinatay mo ang aking mga anak
at inialay mo silang handog sa mga imahe sa pamamagitan
ng apoy. **22** Sa lahat ng iyong gawaing kasuklam-suklam
at kahalayan, hindi mo inisip ang tungkol sa mga araw ng
iyong kabataan, nang ikaw ay hubo't hubad na nagugumon
sa iyong dugo. **23** Kaawa-awa! Kaawa-awa ka! —ito ang
pahayag ng Panginoong Yahweh—samakatuwid, dagdag pa
sa lahat ng iyong kasamaan, **24** nagtayo ka sa iyong sarili
ng altar at gumawa ka ng dambana sa bawat pampublikong
lugar. **25** Nagtayo ka ng mga dambana sa ulo ng bawat
lansangan at nilapastangan mo ang iyong kagandahan
sapagkat ibinuka mo ang iyong mga hita sa bawat isang
dumaraan at gumawa ka ng marami pang mga gawaing
kahalayan. **26** Kumilos kang parang bayarang babae sa
mga taga-Egipto, ang iyong karatig-bansang may labis
na mahalay na pagnanasa, at gumawa ka ng maraming
mga mahahalay na gawain upang galitin ako. **27** Kaya
tingnan mo! Hahampasin kita gamit ang aking kamay at
ititigil ko ang iyong pagkain. Ibibigay ko ang iyong buhay
sa iyong mga kaaway, ang mga babaeng anak ng mga
Filisteo, upang hiyain ka dahil sa iyong mahahalay na pag-
uugali. **28** Kumilos kang tulad ng mga babaeng bayaran
kasama ang mga taga-Asiria sapagkat hindi ka nasiyahan.
Kumilos ka tulad ng isang babaeng bayaran at hindi pa
rin nasiyahan. **29** At patuloy kang gumawa ng marami
pang kahalayan sa mga lupain ng mga mangangalakal
ng Caldea, ngunit maging dito ay hindi ka nasiyahan. **30**
Bakit napakahina ng iyong puso? —ito ang pahayag ng
Panginoong Yahweh—upang gawin mo ang mga bagay
na ito, gawain ng isang mapangalunya at walang hiyang
babae? **31** Noong itinayo mo ang mga dambana sa ulo ng
bawat lansangan at gumawa ka ng iyong mga dambana sa
bawat pampublikong lugar, hindi ka talaga isang babaeng
bayaran, sapagkat tumanggi kang magpabayad sa iyong
mga ginawa! **32** Ikaw babaeng nakikiapid, tinatanggap mo
ang mga hindi mo kilalang tao sa halip na ang iyong asawa!
**33** Binabayaran ng mga tao ang bawat babaeng bayaran,
ngunit ibinibigay mo ang iyong mga kinita sa iyong mga
mangingibig at sinusuhulan mo sila upang pumunta sa iyo
mula sa lahat ng dako para sa iyong mga mahahalay na
gawain. **34** Kaya mayroon kang kaibahan sa ibang mga
babaeng iyon, yamang walang tumatawag sa iyo upang
makisiping sa kanila. Sa halip, binabayaran mo sila! Walang
nagbabayad sa iyo. **35** Kung gayon, ikaw babaeng bayaran,
makinig ka sa salita ni Yahweh! **36** Sinabi ito ng Panginoong
Yahweh: Dahil ibinuhos mo ang iyong pagnanasa at inihayag
mo ang iyong mga nakatagong bahagi sa pamamagitan
ng iyong mahahalay na gawain kasama ang iyong mga
mangingibig at ang iyong mga kasuklam-suklam na mga
diyus-diyosan, at dahil sa mga dugo ng iyong mga anak na
ibinigay mo sa iyong mga diyus-diyosan; **37** kaya tingnan mo!
Titipunin ko ang lahat ng mga nakilala mong mangingibig,
lahat ng inibig mo at lahat ng kinamuhian mo, at titipunin ko
sila laban sa iyo sa lahat ng dako. Ilalantad ko sa kanila ang
mga pribado mong bahagi upang makita nila ang lahat ng
iyong kahubaran! **38** Sapagkat parurusahan kita sa iyong
pangangalunya at sa pagdanak ng dugo at dadalhin ko sa
iyo ang dugo ng aking galit at paninibugho! **39** Ibibigay kita sa
kanilang mga kamay upang kanilang pabagsakin ang iyong
mga altar at wasakin ang iyong mga dambana, pagkatapos
ay huhubarin nila ang iyong damit at kukunin ang lahat
ng iyong alahas, at iiwanan ka nilang hubo't hubad. **40** At
magdadala sila ng maraming tao laban sa iyo at babatuhin ka
ng mga bato, at hahatiin ka nila sa pamamagitan ng kanilang
mga espada. **41** At susunugin nila ang iyong mga bahay
at gagawa sila ng maraming pagpaparusa sa iyo sa harap
ng maraming mga babae, sapagkat patitigilin ko na ang
iyong pagbebenta ng aliw at hindi ka na muling magbabayad
ng kahit sino pa sa kanila! **42** Pagkatapos, pahuhupain ko
ang aking poot laban sa iyo, mawawala ang galit ko sa iyo,
sapagkat ako ay masisiyahan at hindi na ako magagalit. **43**
Sapagkat hindi mo inalala ang mga araw ng iyong kabataan
nang hinayaan mong manginig ako sa galit sa lahat ng mga
bagay na ito—pagmasdan! Ako mismo ang magdadala ng
kaparusahan sa ikinilos mo sa sarili mong ulo dahil sa iyong
gawain—ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh—upang
hindi ka na muling gagawa ng mga kasamaan sa lahat
ng iyong kasuklam-suklam na kaparaanan! **44** Masdan
ninyo! Bawat isang nagsasabi ng mga kawikaan tungkol
sa iyo ay magsasabing, "Katulad ng ina, gayon din ang
kaniyang anak." **45** Ikaw ang babaeng anak ng iyong ina, na
kinamuhian ang kaniyang asawa at mga anak; at ikaw ang
kapatid ng mga babae mong kapatid na kinamuhian ang
kanilang mga asawa at kanilang mga anak. Isang Heteo
ang iyong ina at isang Amoreo ang iyong ama. **46** Ang
Samaria ang iyong nakatatandang kapatid na babae at ang
kaniyang mga anak na babae ay ang mga naninirahan sa
hilaga, habang ang iyong nakababatang kapatid na babae
ay ang naninirahan sa katimugan mong bahagi, na ang

Sodoma at ang kaniyang mga anak babae. 47 Ngayon,
huwag ka nang lumakad sa kanilang mga pamamaraan
o batay sa kanilang mga ginagawang kasuklam-suklam,
na para bang napakaliliit na bagay ang mga iyon. Totoo
ngang sa lahat ng iyong kaparaanan, naging mas masahol
ka pa kaysa sa kanila. 48 Ako ay buhay—ito ang pahayag
ng Panginoong Yahweh—Sodoma, ang iyong mga kapatid
na babae at ang kaniyang mga anak na babae ay hindi
gumawa ng kasamaang higit kaysa sa mga ginawa mo at
ng iyong mga anak na babae! 49 Pakinggan mo! Ito ang
naging kasalanan ng Sodoma na iyong kapatid: malaya
siyang nagmataas, walang malasakit at walang pakialam sa
anumang bagay. Hindi niya pinalakas ang mga kamay ng
mga mahihirap at mga taong nangangailangan. 50 Siya ay
nagmataas at gumawa ng mga gawaing kasuklam-suklam
sa aking harapan, kaya inalis ko sila gaya ng nakita mo.
51 Hindi gumawa ang Samaria ni kahit kalahati man lang
ng iyong mga kasalanan; sa halip, mas marami ka pang
ginawang kasuklam-suklam na bagay kaysa sa kanila, at
ipinakita mong mas mabuti pa sa iyo ang mga kapatid mong
babae dahil sa lahat ng mga kasuklam-suklam na mga
bagay na iyong ginagawa! 52 Lalong lalo ka na, ipakita mo
ang sarili mong kahihiyan, sa ganitong paraan, ipinakita
mong mas mabuti ang iyong mga kapatid kaysa sa iyo,
dahil sa lahat ng mga ginawa mong kasuklam-suklam na
pagkakasala. Ang iyong mga kapatid ay parang mas mabuti
sa iyo. Lalong lalo ka na, ipinakita mo ang iyong sariling
kahihiyan, sa ganitong paraan, ipinakita mong mas mabuti
ang iyong mga kapatid kaysa sa iyo. 53 Sapagkat ibabalik
ko ang kanilang mga kayamanan—ang mga kayamanan ng
Sodoma at ng kaniyang mga babaeng anak, at ang mga
kayamanan ng Samaria at ng kaniyang mga babaeng anak;
ngunit ang iyong kayamanan ay nasa kanilang kalagitnaan.
54 Sa pananagutan ng mga bagay na ito, ipapakita mo
ang iyong kahihiyan, mapapahiya ka dahil sa lahat ng mga
bagay na iyong ginawa, at sa ganitong paraan, magiging
kaaliwan ka para sa kanila. 55 Kaya ang iyong kapatid na
Sodoma at ang kaniyang mga babaeng anak ay maibabalik
sa kanilang dating kalagayan, at maibabalik sa Samaria
at sa kaniyang mga babaeng anak ang kanilang dating
kayamanan. Pagkatapos, ikaw at ang iyong mga babaeng
anak ay maibabalik sa inyong dating kalagayan. 56 Ang
Sodoma na iyong kapatid ay hindi man lang nabanggit ng
iyong bibig sa mga araw na ikaw ay nagmataas, 57 bago
naihayag ang iyong kasamaan. Ngunit ngayon, ikaw ay
tampulan ng pagkasuklam sa mga babaeng anak ng Edom at
ng lahat ng mga babaeng anak ng mga Filisteo sa kaniyang
palibot. Kinamumuhian ka ng lahat ng tao. 58 Ipapakita mo
ang iyong kahihiyan at ang iyong mga kasuklam-suklam
na kilos! —ito ang pahayag ni Yahweh! 59 Sinabi ito ng
Panginoong Yahweh: Ituturing kita katulad ng pagturing
ko sa sinumang taong lumimot sa kaniyang sinumpaang
pangako upang sirain ang isang tipan. 60 Ngunit aalalahanin
ko sa aking isipan ang ginawa kong kasunduan sa iyo noong
bata ka pa, at gagawa ako sa iyo ng isang kasunduang
walang hanggan. 61 Pagkatapos, maaalala mo ang iyong
dating pamumuhay at mapapahiya kapag tinanggap mo
ang iyong mga nakatatanda at nakababatang kapatid na
babae. Ibibigay ko sila sa iyo bilang mga babaeng anak,
ngunit hindi dahil sa iyong tipan. 62 Itatatag ko mismo ang
aking kasunduan sa iyo at malalaman mong ako si Yahweh!
63 Dahil sa mga bagay na ito, maaalala mo ang lahat ng
bagay sa iyong isipan at mapapahiya ka, kaya hindi mo na
muling maibubuka ang iyong bibig upang magsalita dahil sa
iyong kahihiyan, kapag pinatawad na kita sa lahat ng iyong
ginawa—ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh.'"

17 Ang salita ni Yahweh ay dumating sa akin at sinabi,
2 "Anak ng tao, maghayag ka ng isang bugtong at
magsalita ka ng isang talinghaga sa sambahayan ng Israel.
3 Sabihin mo, 'Ito ang sinabi ng Panginoong Yahweh: Ang
isang malaking agila na may malaki at mahabang pakpak,
makapal ang mga balahibo, at may ibat' ibang kulay ay
nagtungo sa Lebanon at dumapo sa itaas na bahagi ng puno
ng sedar. 4 Pinutol nito ang mga dulo ng mga sanga at dinala
ang mga ito sa lupain ng Canaan; itinanim niya ito sa lungsod
ng mga mangangalakal. 5 Kumuha rin siya ng ilang binhi sa
lupa at itinanim ito sa lupang handa nang taniman. Itinanim
niya ito sa tabi ng malawak na bahagi ng tubig katulad ng
punong kahoy na tinatawag na wilow. 6 At pagkatapos
tumubo ito at naging isang gumagapang na baging pababa
sa lupa. Ang bawat mga sanga nito ay patungo sa kaniya,
at ang mga ugat nito ay lumago sa ilalim nito. Kaya ito
ay naging isang baging at nagkaroon ng mga sanga at
umusbong. 7 Subalit may isa pang napakalaking agila na
may mga malaking pakpak at maraming balahibo. At tingnan
mo! Ang baging at ang kaniyang mga ugat ay humarap sa
agila, at kumalat ang mga sanga patungo sa agila mula sa
lugar kung saan ito nakatanim upang ito ay matubigan. 8
Ito ay nakatanim sa magandang lupa sa tabi ng malawak
na bahagi ng tubig upang ito ay magkaroon ng maraming
sanga at mamunga, upang maging kahangahangang baging!
9 Sabihin mo sa mga tao, 'Sinasabi ito ng Panginoong
Yahweh: Ito ba ay yayabong? Hindi ba niya bubunutin ang
mga ugat at pipitasin ang mga bunga nito kaya ang lahat
ng malagong mga dahon ay matutuyo? Walang malakas
na braso o maraming tao ang mga makakabunot ng mga
ugat nito. 10 Kaya tingnan mo! Pagkatapos itong maitanim,
lalago ba ito? hindi ba ito malalanta kapag ito ay dadampian

ng hanging mula sa silangan? Ito ay ganap na matutuyo
sa kaniyang kinatataniman.'" 11 Pagkatapos, ang salita ni
Yahweh ay dumating sa akin at sinabi, 12 "Sabihin mo sa
mga mapanghimagsik na sambahayan, 'Hindi ba ninyo alam
ang ibig sabihin ng mga bagay na ito? Tingnan mo! Ang hari
ng Babilonia ay nagpunta sa Jerusalem at kinuha ang hari
at ang kaniyang mga prinsipe at dinala sila sa kaniya sa
Babilonia. 13 Pagkatapos ay kumuha siya ng maharlikang
kaapu-apuhan at gumawa sila ng kasunduan, at pinanumpa
siya nito. At dinala niya ang mga makapangyarihang tao sa
lupain, 14 upang ang kaharian ay maging mababa at hindi
na nito maibangon ang sarili. Sa pamamagitan ng pagtupad
sa kaniyang kasunduan ang lupain ay makaliligtas. 15 Ngunit
ang hari ng Jerusalem ay naghimagsik laban sa kaniya sa
pamamagitan ng pagpapadala ng mga kinatawan sa Egipto
upang kumuha ng mga kabayo at ng hukbo. Siya ba ay
magtatagumpay? Makatatakas ba ang taong gumagawa ng
mga bagay na ito? Kung lalabagin niya ang kasunduan,
makatatakas ba siya? 16 Habang ako ay nabubuhay! —
ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh— siya ay tiyak
na mamamatay sa lupain ng hari na gumawa sa kaniya
bilang hari, ang hari na siyang gumawa ng panunumpang
hinamak niya at sa kasunduan na hindi niya sinunod. Siya
ay mamamatay sa gitna ng Babilonia! 17 At ang Paraon,
kasama ang kaniyang malakas na hukbo at ang pagtitipon ng
maraming kalalakihan para sa digmaan ay hindi siya kayang
protektahan sa labanan, kapag ang hukbo ng Babilonia
ay gagawa ng tambak ng lupa at mga pader upang sirain
ang maraming buhay. 18 Sapagkat hinamak ng hari ang
kaniyang panunumpa sa pamamagitan ng hindi pagtupad sa
kasunduan. Tingnan mo, iniabot niya ang kaniyang kamay
upang mangako, subalit ginawa niya ang lahat ng mga bagay
na ito. Hindi siya makatatakas. 19 Kung gayon—ito ang
sinabi ng Panginoong Yahweh—habang Ako ay nabubuhay,
hindi ba ang aking panunumpa na kaniyang hinamak at
hindi sinunod at kasunduan na kaniyang hindi tinupad na
inyong winasak? Kaya dadalhin ko ang kaparusahan niya
sa kaniyang ulo! 20 Ilalatag ko ang aking lambat sa kaniya
at mahuhuli siya sa aking lambat. Pagkatapos ay dadalhin
ko siya sa Babilonia at hahatulan ko siya doon dahil ang
pagtataksil na ginawa niya nang ipagkanulo niya ako! 21 At
lahat ng mga bihag sa kaniyang mga hukbo ay babagsak sa
pamamagitan ng espada, at ang mga matitira ay kakalat
sa lahat ng dako. At malalaman ninyo na ako si Yahweh;
Ipinahayag ko na ito ay mangyayari!' 22 Sinasabi ito ng
Panginoong Yahweh, 'Kaya ako mismo ang magtatanggal
ng pinakamataas na bahagi ng puno ng sedar, at itatanim ko
ito nang malayo ang mga malambot na sanga nito. Babaliin
ko ito, at ako mismo ang magtatanim nito sa mataas na
bundok! 23 Itatanim ko ito sa mga bundok ng Israel kaya ito
ay lalago magkakaroon ng mga sanga at mamumunga, at
magiging kahanga-hangang sedar kaya mamumuhay sa
ilalim nito ang mga ibon. Sila ay mamumugad sa lilim ng
mga sanga nito. 24 Pagkatapos lahat ng puno sa bukid
ay malalaman na ako si Yahweh. Ibinababa ko ang mga
matatayog na puno; Itinataas ko ang mga mababang puno!
tinutuyo ko ang punong nadiligan Pinapayabong ko ang
tuyong puno! Ako si Yahweh; ipinahayag ko na mangyayari
ito at nagawa ko na ito!'"

**18** Ang salita ni Yahweh ay muling dumating sa akin at
sinabi, 2 "Ano ang ibig mong sabihin, ikaw na gumamit
ng kawikaang ito tungkol sa lupain ng Israel at nagsasabi,
'Ang mga ama na kumain ng mga maaasim na ubas, at
ang ngipin ng mga anak ay nangilo?' 3 Habang Ako ay
nabubuhay—ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh—tiyak
na hindi na magkakaroon pa ng anumang okasyon upang
gamitin ninyo ang kawikaang ito sa Israel. 4 Tingnan mo!
Ang bawat buhay ay sa akin! At gayon din ang buhay ng
ama at ang buhay ng anak sila ay sa akin! Ang taong
nagkakasala ay mamamatay! 5 Sapagkat ang tao, kung
siya ay matuwid at taglay ang katarungan at katuwiran—
6 kung hindi siya kumain sa mga dambana sa bundok, at
hindi itinaas ang kaniyang mga mata sa mga diyus-diyosan
ng sambahayan ng Israel— kung hindi niya dinungisan
ang asawa ng kaniyang kapitbahay, o ni hindi lumapit sa
isang babae sa panahong siya ay may regla— 7 kung wala
siyang inaping sinuman sa halip ay nagsauli ng sangla
sa umutang—kung hindi niya kinuha ang ninakaw, ngunit
sa halip ay ibinibigay niya ang kaniyang pagkain sa mga
nagugutom at tinatakpan ng mga damit ang hubad; 8 kung
hindi siya nagpapatong ng anumang tubo sa pagpaputang,
o kumuha ng labis na kita— kung isinasagawa niya ang
katarungan at pinatitibay ang katapatan sa pagitan ng mga
tao— 9 kung lumalakad siya sa aking mga kautusan at
sinusunod ang aking mga alituntunin upang kumilos nang
tapat—ang taong ito ay matuwid; siya ay mabubuhay! —ito
ang pahayag ng Panginoong Yahweh. 10 Subalit kung may
anak siyang marahas na nagpapadanak ng dugo at ginagawa
alinman sa mga bagay na ito— 11 kahit na hindi ginagawa
ng kaniyang ama ang alinman sa mga bagay na ito—
subalit kung ang kaniyang anak na lalaki ay kumain sa mga
dambana sa bundok at sipingan ang asawa ng kapitbahay—
12 kung inaapi niya ang mahirap at nangangailangan, kung
sumasamsam siya at nagnanakaw at hindi ibinabalik ang
sangla, kung itinataas niya ang kaniyang mga mata sa mga
diyos-diyusan o gumagawa ng mga kasuklam-suklam na
gawain; 13 at kung nagpapautang siya na nagpapabayad
ng tubo at kumukuha ng hindi makatarungang kita, dapat

ba siyang mabuhay? Siya ay hindi mabubuhay! Ginawa
niya ang lahat ng kasuklam-suklam na ito. Siya ay tiyak na
mamamatay; ang kaniyang dugo ay nasa kaniya. **14** Subalit
tingnan mo! Kung magkaanak siya ng isang lalaking nakikita
ang lahat ng kasalanang ginawa ng kaniyang ama, at kung
siya mismo ay may takot sa Diyos at hindi ginagawa ang
mga ganoong bagay— **15** at kung hindi siya kumain sa mga
dambana sa bundok o itinaas ang kaniyang mga mata sa
mga diyus-diyosan ng sambahayan ng Israel—kung hindi
niya sumiping sa asawa ng kaniyang kapitbahay; **16** Kung
hindi niya inaapi ang sinuman, sinasamsam ang sangla, o
kinukuha ang mga nakaw na bagay, ngunit sa halip ibinibigay
ang kaniyang pagkain sa nagugutom at tinatakpan ng mga
damit ang hubad— **17** kung iniurong niya ang kaniyang
kamay sa paghatol sa mahirap at hindi kumukuha ng tubo o
hindi makatarungang kita; kung sinusunod niya ang aking
mga alituntunin at lumalakad ayon sa aking mga kautusan,
hindi siya mamamatay para sa kasalanan ng kaniyang ama.
Siya ay tiyak na mabubuhay! **18** Ang kaniyang ama, sapagkat
inapi niya ang iba sa pamamagitan ng pagkuha nang sapilitan
at ninakawan ang kaniyang kapatid na lalaki, at ginawa ang
hindi mabuti sa mga tao—tingnan mo, siya ay mamamatay
sa kaniyang malaking kasalanan. **19** Subalit sinasabi mo,
'Bakit hindi magawang akuin ng anak ang katampalasan ng
kaniyang ama?' Dahil isinasagawa ng lalaking anak ang
katarungan at katuwiran; at iniingatan ang aking mga utos at
ginagawa niya ang mga ito. Tiyak na mabubuhay siya! **20**
Ang siyang nagkasala, siya ang mamamatay. Hindi dadalhin
ng anak ang kasalanan ng kaniyang ama, at hindi dadalhin
ng ama ang kasalanan ng kaniyang anak. Ang katuwiran ng
taong kumikilos nang makatarungan ay sa kaniyang sarili, at
ang kasamaan ng masamang tao ay sa kaniyang sarili. **21**
Ngunit kung ang taong makasalanan ay tatalikod sa lahat ng
kaniyang mga ginawang kasalanan, at iingatan ang aking
mga kautusan at isasagawa ang katarungan at katuwiran,
tiyak na mabubuhay siya at hindi mamamatay. **22** Lahat ng
pagsuway na kaniyang ginawa ay hindi na aalalahanin laban
sa kanila. Siya ay mabubuhay sa pamamagitan ng katuwiran
na kaniyang ginagawa na patuloy na ginagawa. **23** Labis ko
bang ikinagagalak ang pagkamatay ng makasalanan—ito
ang pahayag ng Panginoong Yahweh—at hindi ang kaniyang
pagtalikod mula sa kaniyang kaparaanan upang siya ay
mabuhay? **24** Subalit kung ang matuwid na tao ay tumalikod
sa kaniyang pagkamakatuwiran at isinagawa ang mga
kasuklam-suklam tulad ng lahat ng kasuklam-suklam na
ginagawa ng masamang tao, mabubuhay ba siya? Lahat ng
matuwid na kaniyang ginawa ay hindi aalalahanin kapag
ipinagkanulo niya ako sa kaniyang kataksilan. Kaya siya
ay mamamatay sa mga kasalanang kaniyang ginawa. **25**
Subalit sinabi mo, 'Ang pamamaraan ng Panginoon ay
hindi makatarungan! Makinig ka sambahayan ng Israel! Ang
pamamaraan ko ba ay hindi makatarungan? **26** Kung ang
matuwid na tao ay tumalikod sa kaniyang pagkamakatuwiran,
at gumawa ng kasalanan at mamatay dahil sa mga ito,
mamamatay siya sa kasalanang ginawa niya. **27** Ngunit kapag
ang masamang tao ay tumalikod sa kasamaang ginawa
niya at gumawa ng katarungan at katuwiran, kung gayon
pinangangalagaan niya ang kaniyang buhay! **28** Sapagkat
nakita niya at tumalikod mula sa lahat ng mga kasalanang
ginawa niya. Siya ay mabubuhay; hindi siya mamamatay!
**29** Sinabi ng sambahayang Israel, 'Ang kaparaanan ng
Panginoon ay hindi makatarungan! Paanong ang aking
kaparaanan ay hindi makatarungan, sambahayan ng Israel?
At paanong ang iyong pamamaraan ay makatarungan? **30**
Kaya hahatulan ko ang bawat isa sa inyo ayon sa inyong
kaparaanan, sambahayan ng Israel! —ito ang pahayag ng
Panginoong Yahweh. Magsisi kayo at talikuran ninyo ang
lahat ng inyong mga pagsalangsang upang ang mga ito
ay hindi maging kasalanan na katitisuran laban sa inyo.
**31** Itapon palayo mula sa inyong sarili ang lahat ng mga
pagsuway na inyong ginawa; magkaroon kayo ng bagong
puso at bagong espiritu para sa inyong sarili. Sapagkat bakit
kayo mamamatay, sambahayan ng Israel? **32** Sapagkat
hindi ako nagagalak sa pagkamatay ng isang namatay—ito
ang pahayag ng Panginoong Yahweh- kaya magsisi at
mabuhay!"

**19** "Kaya ikaw! Maghayag ka ng isang panaghoy laban sa
mga pinuno ng Israel **2** at sabihin mo, 'Sino ang iyong
ina? Isang babaing leon, namuhay siya kasama ng lalaking
anak ng leon; sa kalagitnaan ng mga batang leon, inalagaan
niya ang kaniyang mga anak. **3** At pinalaki niya ang isa sa
kaniyang mga anak upang maging batang leon na natutong
lumapa ng kaniyang mga biktima. Nilamon niya ang mga
tao. **4** Pagkatapos ay narinig ng mga bansa ang tungkol
sa kaniya. Nahuli siya sa kanilang patibong, at dinala siya
sa lupain ng Egipto gamit ang mga kawit. **5** At nakita niya
na kahit naghintay siya para sa kaniyang pagbabalik, wala
na ngayon ang kaniyang pag-asa, kaya kumuha siya ng
isa pa sa kaniyang mga anak at pinalaki niya ito upang
maging isang batang leon. **6** Nagpagala-gala ang batang
leon na ito sa kalagitnaan ng mga leon. Siya ay isang batang
leon at natutong lumapa ng kaniyang mga biktima; nilamon
niya ang mga tao. **7** At hinalay niya ang kanilang mga balo
at winasak ang kanilang mga lungsod. Ang lupain at ang
kabuuan nito ay iniwan dahil sa tunog ng kaniyang atungal!
**8** Ngunit dumating laban sa kaniya ang mga bansang mula
sa mga nakapalibot na probinsiya; inilatag nila ang kanilang
lambat sa ibabaw niya. Nahuli siya sa kanilang patibong. **9**

Inilagay siya sa kulungan na may mga kawit at dinala siya sa
hari ng Babilonia. Dinala nila siya sa bundok na tanggulan
upang hindi na muling marinig ang kaniyang tinig sa mga
kabundukan ng Israel. **10** Ang iyong ina ay tulad ng isang
puno ng ubas na nakatanim sa iyong dugo sa tabi ng tubig.
Mabunga siya at puno ng mga sanga dahil sa kasaganaan
ng tubig. **11** Mayroon siyang mga matitibay na sanga para
sa mga setro ng mga pinuno at hinangaan ang kaniyang
taas sa gitna ng mga sanga ng kasukalan. **12** Ngunit binunot
ang puno ng ubas dahil sa matinding galit at itinapon sa
lupa, at tinuyo ng hanging mula sa silangan ang kaniyang
bunga. Nabali at nalanta ang kaniyang mga matitibay na
sanga; tinupok sila ng apoy. **13** Kaya ngayon, nakatanim
siya sa ilang, sa isang tuyo at uhaw na lupain. **14** Sapagkat
lumabas ang apoy mula sa kaniyang mga malalaking sanga
at tinupok ang mga bunga nito. Walang matibay na sanga sa
kaniya, walang setro upang mamuno.' Ito ay isang panaghoy
at ito ay aawitin bilang isang panaghoy."

**20** At nangyari nang ikapitong taon, sa ikasampung araw
ng ikalimang buwan, dumating ang mga nakatatanda
ng Israel upang sumangguni kay Yahweh at umupo sila
sa aking harapan. **2** Pagkatapos, dumating sa akin ang
salita ni Yahweh at sinabi, **3** "Anak ng tao, ihayag mo
sa mga nakatatanda ng Israel at sabihin mo sa kanila,
'Sinasabi ito ng Panginoong Yahweh: Pumarito ba kayo
upang sumangguni sa akin? Habang ako ay nabubuhay,
hindi ninyo ako mapagsasanggunian! —ito ang pahayag
ng Panginoong Yahweh.' **4** Hahatulan mo ba sila? Hahatol
ka ba, anak ng tao? Ipaalam mo sa kanila ang kasuklam-
suklam na ginawa ng kanilang mga ama! **5** Sabihin mo sa
kanila, 'Sinasabi ito ng Panginoong Yahweh: Sa araw na
pinili ko ang Israel at itinaas ko ang aking kamay upang
manumpa ng isang pangako sa mga kaapu-apuhan ng
sambahayan ni Jacob, at ipinakilala ko ang aking sarili sa
kanila sa lupain ng Egipto, nang itinaas ko ang aking kamay
upang manumpa ng isang pangako sa kanila. Sinabi ko,
"Ako si Yahweh na inyong Diyos"— **6** sa araw na iyon
itinaas ko ang aking kamay upang manumpa ng isang
pangako sa kanila na ilalabas ko sila sa lupain ng Egipto
papunta sa isang lupain na maingat kong pinili para sa
kanila. Ito ay dinadaluyan ng gatas at pulot-pukyutan; ito
ay pinakamagandang palamuti sa lahat ng mga lupain! **7**
Sinabi ko sa kanila, "Hayaang itapon ng bawat tao ang
mga kasuklam-suklam na bagay mula sa kaniyang mga
mata at ang mga diyus-diyosan ng Egipto. Huwag ninyong
gawing marumi ang inyong mga sarili; ako si Yahweh na
inyong Diyos." **8** Ngunit naghimagsik sila laban sa akin
at ayaw nilang makinig sa akin. Hindi itinapon ng bawat
tao ang mga kasuklam-suklam na bagay mula sa kaniyang
mga mata, ni hindi nila tinalikuran ang mga diyus-diyosan
ng Egipto, kaya ipinasya kong ibuhos sa kanila ang aking
matinding galit upang mapawi ang aking poot sa kanila
sa kalagitnaan ng lupain ng Egipto. **9** Kumilos ako alang-
alang sa aking pangalan upang hindi ito malapastangan sa
mata ng mga bansa kung saan sila nananatili. Ipinakilala
ko ang aking sarili sa kanila, sa kanilang mga mata, sa
pamamagitan ng paglalabas ko sa kanila mula sa lupain ng
Egipto. **10** Kaya pinaalis ko sila sa lupain ng Egipto at dinala
sila sa ilang. **11** Pagkatapos ay ibinigay ko sa kanila ang
aking mga kautusan at ipinaalam ko sa kanila ang aking
mga alituntunin, na kung susundin ng tao ang mga ito ay
mabubuhay siya. **12** Ibinigay ko rin sa kanila ang aking mga
Araw ng Pamamahinga bilang palatandaan sa akin at sa
kanila upang malaman nila na ako si Yahweh, na siyang
naglaan sa kanila sa aking sarili. **13** Ngunit naghimagsik
ang sambahayan ng Israel laban sa akin sa ilang. Hindi sila
lumakad sa aking mga kautusan; sa halip, tinanggihan nila
ang aking mga alituntunin, na kung susundin ng tao ang mga
ito ay mabubuhay siya. Labis nilang nilapastangan ang aking
mga Araw ng Pamamahinga, kaya sinabi kong, ibubuhos ko
sa kanila sa ilang ang aking matinding galit upang tapusin
sila. **14** Ngunit kumilos ako alang-alang sa aking pangalan
upang hindi ito malapastangan sa mata ng mga bansa, na
nakakitang inilabas ko sila sa Egipto. **15** Kaya itinaas ko ang
aking kamay upang manumpa ng isang pangako sa kanila
sa ilang na hindi ko sila dadalhin sa lupaing ibibigay ko sa
kanila, ang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot-pukyutan,
na siyang pinakamagandang palamuti sa lahat ng mga
lupain. **16** Isinumpa ko ito dahil tinanggihan nila ang aking
mga alituntunin at hindi sila lumakad sa aking mga kautusan,
at nilapastangan nila ang aking mga Araw ng Pamamahinga,
sapagkat lumakad ang kanilang puso batay sa kanilang mga
diyus-diyosan. **17** Ngunit nahabag ang aking mata sa kanila
dahil sa kanilang pagkawasak, kaya hindi ko sila pinuksa sa
ilang. **18** Sinabi ko sa kanilang mga anak na lalaki at babae
sa ilang, "Huwag kayong lumakad ayon sa mga kautusan ng
inyong mga magulang; huwag ninyong sundin ang kanilang
mga alituntunin o lapastanganin ang inyong sarili sa mga
diyus-diyosan. **19** Ako si Yahweh na inyong Diyos! Lumakad
kayo sa aking mga kautusan; ingatan ninyo ang aking mga
alituntunin at sundin ang mga ito! **20** Panatilihin ninyong
banal ang aking mga Araw ng Pamamahinga upang ang
mga ito ay maging palatandaan sa akin at sa inyo, upang
malaman ninyo na ako si Yahweh na inyong Diyos." **21**
Ngunit naghimagsik laban sa akin ang kanilang mga anak na
lalaki at babae. Hindi sila lumakad sa aking mga kautusan o
sinunod ang aking mga alituntunin, na kung susundin ng tao
ang mga ito ay mabubuhay siya. Nilapastangan nila ang

aking Araw ng Pamamahinga, kaya ipinasya kong ibuhos sa
kanila ang aking matinding galit upang mapawi ang aking
poot laban sa kanila sa ilang. 22 Ngunit binawi ko ang aking
kamay at kumilos ako alang-alang sa aking pangalan, upang
hindi ito malapastangan sa mata ng mga bansa na siyang
nakakita na inilabas ko ang mga Israelita. 23 Itinaas ko
rin ang aking kamay sa kanila sa ilang, upang manumpa
na ikakalat ko sila sa mga bansa at ikakalat ko sila sa
mga lupain. 24 Ipinasya kong gawin ito sapagkat hindi nila
sinunod ang aking mga alituntunin, at dahil tinanggihan nila
ang aking mga kautusan at nilapastangan ang aking mga
Araw ng Pamamahinga. Nasasabik ang kanilang mga mata
sa diyus-diyosan ng kanilang mga ama. 25 At binigyan ko
rin sila ng mga hindi mabubuting utos, at mga alituntunin
na hindi nila ikabubuhay. 26 Ginawa ko silang marumi sa
pamamagitan ng kanilang mga kaloob, nang ipinadaan nila
sa apoy ang bawat panganay mula sa sinapupunan. Ginawa
ko ito upang sindakin sila upang malaman nila na ako si
Yahweh!' 27 Kung gayon, anak ng tao, ipahayag mo ito
sa sambahayan ng Israel; sabihin mo sa kanila, 'Ito ang
sinabi ng Panginoong Yahweh: Nilapastangan ako ng inyong
mga ama sa pamamagitan ng pagtataksil laban sa akin.
Ginawa nila ito sa ganitong paraan: 28 nang dinala ko
sila sa lupaing ipinangako kong ibibigay sa kanila, at nang
nakita nila ang mga matatayog na burol at mga mayayabong
na puno, at inialay nila ang kanilang mga handog doon
at ginalit ako sa pamamagitan ng kanilang mga handog
doon. Nagsunog din sila roon ng mabangong insenso at
nagbuhos ng mga inuming handog. 29 At sinabi ko sa kanila,
“Ano itong matayog na lugar na inyong pinagdadalhan
ng inyong mga handog?” Kaya ang pangalan ay tinawag
na Bama hanggang sa araw na ito.' 30 Kaya sabihin mo
sa sambahayan ng Israel, 'Ito ang sinabi ng Panginoong
Yahweh: Bakit ninyo ginagawang marumi ang inyong mga
sarili sa mga pamamaraan ng inyong mga ama? At bakit kayo
kumikilos na tulad ng mga babaeng bayaran, naghahanap
ng mga kasuklam-suklam na bagay? 31 Sapagkat kapag
iniaalay ninyo ang inyong mga kaloob at ipinapadaan ninyo
sa apoy ang inyong mga anak na lalaki, ginagawa ninyong
marumi ang inyong mga sarili dahil sa lahat ng inyong mga
diyus-diyosan hanggang sa araw na ito. Kaya dapat ba
kayong sumangguni sa akin, sambahayan ng Israel? Habang
ako ay nabubuhay—ito ang pahayag ni Yahweh—hindi
kayo makasasangguni sa akin! 32 Ang kaisipang nabubuo
sa inyong mga isipan ay magkakatotoo. Sinasabi ninyo,
“Tularan natin ang ibang bansa, tulad ng mga angkan sa
ibang mga lupaing sumasamba sa kahoy at bato!” 33 Habang
ako ay nabubuhay—ito ang pahayag ni Yahweh—tiyak na
pamumunuan ko kayo nang may makapangyarihang kamay,
nakataas na braso, at matinding galit na maibubuhos sa
inyo! 34 Ilalabas ko kayo mula sa ibang mga lahi at titipunin
ko kayo mula sa mga bansa kung saan kayo nakakalat.
Gagawin ko ito nang may makapangyarihang kamay at may
buhos ng matinding galit. 35 Pagkatapos ay dadalhin ko
kayo sa ilang ng ibang mga lahi, at doon ay hahatulan ko
kayo nang harap-harapan. 36 Katulad ng paghatol ko sa
inyong mga ama sa ilang sa lupain ng Egipto, gayon ko rin
kayo hahatulan! —ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh.
37 Padadaanin ko kayo sa ilalim ng aking pamalo at dadalhin
ko kayo sa bigkis ng tipan; 38 Aalisin ko mula sa inyo ang
mga mapanghimagsik at ang mga sumusuway laban sa akin.
Paaalisin ko sila mula sa lupain kung saan sila naninirahan
bilang mga dayuhan, ngunit hindi sila papasok sa lupain ng
Israel. Kaya malalaman ninyo na ako si Yahweh! 39 Kaya sa
iyo, sambahayan ng Israel, ito ang sinabi ng Panginoong
Yahweh: Ang bawat isa sa inyo ay dapat pumunta sa
kaniyang sariling diyus-diyosan. Sambahin ninyo sila kung
ayaw ninyong makinig sa akin, ngunit hindi na ninyo dapat
lapastanganin ang aking banal na pangalan sa pamamagitan
ng inyong mga kaloob at mga diyus-diyosan. 40 Sapagkat sa
aking banal na bundok, sa tuktok ng bundok ng Israel—ito
ang pahayag ng Panginoong Yahweh—pupurihin ako ng
lahat ng sambahayan ng Israel doon sa lupain. Malulugod
akong hingin ang inyong mga handog doon, at gayon din
ang mga unang bunga ng inyong kaloob kasama ng lahat ng
inyong banal na bagay. 41 Tatanggapin ko kayo na parang
mabangong insenso kapag inilabas ko kayo mula sa ibang
mga lahi at titipunin ko kayo palabas sa mga bansa kung
saan kayo ikinalat. Ipapakita ko sa inyo ang aking sarili
na banal upang makita ng mga bansa. 42 Pagkatapos,
kapag dinala ko kayo sa lupain ng Israel, sa lupain na
pinagtaasan ko ng aking kamay upang ibigay sa inyong mga
ama, malalaman ninyo na ako si Yahweh. 43 At maaalala
ninyo roon ang inyong mga masasamang kaparaanan at ang
lahat ng inyong gawaing nagparumi sa inyong mga sarili,
at kamumuhian ninyo ang inyong sarili sa sarili ninyong
paningin dahil sa lahat ng masamang gawain na inyong
ginawa. 44 Kaya malalaman ninyo na ako si Yahweh kapag
ginawa ko ito sa inyo alang-alang sa aking pangalan, hindi
dahil sa inyong mga masamang kaparaanan o sa inyong
mga masasamang gawa, sambahayan ng Israel! —ito ang
pahayag ng Panginoong Yahweh.'” 45 Pagkatapos, dumating
sa akin ang salita ni Yahweh at sinabi, 46 “Anak ng tao,
humarap ka sa mga lupain sa timog at magsalita ka laban
sa timog, maghayag ka ng propesiya laban sa kagubatan ng
Negev. 47 Sabihin mo sa kagubatan ng Negev, 'Pakinggan
mo ang pahayag ni Yahweh! Ito ang sinabi ng Panginoong
Yahweh: Tingnan mo, magpapasiklab ako ng apoy sa iyo.

Lalamunin nito ang bawat sariwang puno at bawat tuyong
puno sa iyo. Hindi maaapula ang naglalagablab na apoy;
ang bawat mukha mula sa timog at hilaga ay masusunog. **48**
Pagkatapos, makikita ng lahat ng laman na ako si Yahweh
kapag sinindihan ko ang apoy, at ito ay hindi maaapula.'" **49**
At sinabi ko, "Ah! Panginoong Yahweh, sinasabi nila tungkol
sa akin, 'Hindi ba isa lamang siyang tagasalaysay ng mga
talinghaga?'"

**21** At ang salita ni Yahweh ay dumating sa akin at sinabi, **2**
"Anak ng tao, iharap mo ang iyong mukha sa Jerusalem
at magsalita ka laban sa mga santuwaryo; magpropesiya ka
laban sa lupain ng Israel. **3** Sabihin mo sa lupain ng Israel,
'Ito ang sinasabi ni Yahweh: Masdan mo! Ako ay laban sa
iyo! Bubunutin ko ang aking espada mula sa kaluban at
papatayin kong pareho ang matuwid at ang masasamang
tao mula sa iyo! **4** Upang mapatay kong pareho ang matuwid
at ang masasama na mula iyo, lalabas mula sa kaluban
ang aking espada laban sa lahat ng laman mula sa timog
hanggang sa hilaga. **5** At malalalaman ng lahat ng laman
na Ako, si Yahweh, ang naglabas ng aking espada mula
sa kaluban. Hindi na ito magpapapigil!' **6** At ikaw, anak ng
tao, maghinagpis ka gaya ng pagkabali ng iyong balakang!
Maghinagpis ka na may kapaitan sa harapan ng kanilang
mga paningin! **7** At mangyayari magtatanong sila sa iyo, 'Sa
anong dahilan ka naghihinagpis?' At sabihin mo, 'Dahil sa
balitang dumarating, sapagkat bawat puso ay manlulumo at
bawat kamay ay manghihina! Bawat espiritu ay panghihinaan
ng loob, at bawat tuhod ay mangangatog tulad ng tubig.
Masdan mo! Darating at magiging gaya nito! —ito ang
pahayag ng Panginoong Yahweh.'" **8** At dumating ang salita
ni Yahweh sa akin at sinabi, **9** "Anak ng tao, magpropesiya
ka at sabihin mo, 'Ganito ang sinasabi ng Panginoon:
Sabihin mo: Isang espada! Isang espada! Patatalimin ito at
pakikintabin! **10** Patatalimin ito para magamit sa malakihang
pagpatay! Pakikintabin ito para maging gaya ng kidlat! Dapat
ba tayong magsaya sa setro ng aking anak? Ang darating na
espada ay namumuhi sa bawat ganyang tungkod! **11** Kaya
ipapahawak ang espada para pakintabin at pagkatapos ay
dadamputin ng kamay! Ang espada ay pinatalim! At ito ay
napakintab upang ibigay sa kamay ng isang pumapatay!' **12**
Tumawag ka ng tulong at managhoy, anak ng tao! Sapagkat
ang espada ay dumating na sa aking mga tao! Ito ay
nasa lahat ng mga pinuno ng Israel na inihagis sa espada!
Sila ang aking mga tao, kaya paluin mo ang iyong hita
sa kalungkutan! — **13** Sapagkat may isang pagsubok,
ngunit paano kung ang setro ay hindi magtatagal? —ito ang
pahayag ng Panginoong Yahweh. **14** Ngayon ikaw, anak ng
tao, magpropesiya ka at pagsuntukin mo ang iyong dalawang
kamay, sapagkat ang espada ay lulusob kahit tatlong beses
pa! Isang espada para sa mga papatayin! Ito ang espada na
papatay sa marami, tatagos sa kanila saanmang dako! **15**
Upang tunawin ang kanilang puso at paramihin ang kanilang
mga kinatitisuran, inihanda ko ang pagpatay ng espada sa
kanilang mga tarangkahan! Sa Aba! Ito ay ginawa tulad ng
kidlat, pinakawalan upang kumatay! **16** Ikaw, espada! Itaga
mo sa kanan! itaga mo sa kaliwa! Pumunta ka kung saan
naisin ng iyong matalas na talim. **17** Sapagkat isusuntok ko
rin ang aking dalawang kamay, at pagkatapos ay hihinahon
na ang aking galit! Ako, si Yahweh, ang nagpahayag nito!"
**18** Ang salita ni Yahweh ay dumating muli sa akin at sinabi,
**19** Ngayon ikaw, anak ng tao, magtalaga ka ng dalawang
daanan para sa espada ng hari ng Babilonia na darating.
Ang dalawang daanan ay magsisimula sa parehong lupain,
at isang posteng pananda ang magtuturo ng papunta sa
isang lungsod. **20** Tatakan mo ang isang daanan para sa
hukbo ng Babilonia na pupunta sa Raba, sa lungsod ng
mga Amonita. Tatakan mo ang isa pa upang ituro ang hukbo
patungo sa Juda at sa lungsod ng Jerusalem, na pinatibay.
**21** Sapagkat ang hari ng Babilonia ay hihinto sa krus na
daan, sa sangang daan, sa pagnanais na makakuha ng
isang propesiyang mensahe mula sa manghuhula. Kakalugin
niya ang ilang mga palaso at hihingi ng gabay mula sa ilang
mga diyus-diyosan. Susuriin niya ang isang atay! **22** Sa
kaniyang kanang kamay ay mayroong isang hula tungkol sa
Jerusalem, para maihanda niya ang isang malaking trosong
panggiba laban dito! Para ibuka niya ang kaniyang bibig
upang iutos ang pagsisimula ng pagpatay! Para isigaw niya
ang isang labanan! Para ihanda nya ang mga malaking
trosong panggiba sa tarangkahan! Para ibuhos niya ang
tambak na lupa upang itayo sa kinubkob na mga pader! **23**
Ito ay parang walang kabuluhang panghuhula sa paningin
ng mga nasa Jerusalem, silang mga nanumpa ng isang
panata sa mga taga-Babilonia! Ngunit aakusahan sila ng
hari ng paglabag sa kanilang kasunduan upang makubkub
sila! **24** Kaya sinasabi ito ng Panginoong Yahweh: Dahil
dinala ninyo ang inyong kasalanan sa aking alaala, ang
inyong mga pagsuway ay maihahayag! Ang inyong mga
kasalanan ay makikita sa inyong mga kilos! Sa kadahilanang
ito ay maipaalala ninyo sa bawat isa na kayo ay mabibihag
sa kamay ng inyong mga kaaway! **25** At ikaw, walang
galang at masamang pinuno ng Israel kung saan ang mga
araw ng kaparusahan ay dumating na, ang mga araw ng
paggawa ng kasalanan ay natapos na, **26** Sinasabi ito ng
Panginoong Yahweh: Hubarin mo ang turbante at tanggalin
mo ang korona! Hindi na magiging gaya ng dati ang mga
bagay! Itinaas ang nasa mababa at ibinaba ang nataas! **27**
wawasakin ko ang lahat ng mga bagay! Isang pagkawasak!
Isang pagkawasak! Ang korona ay mawawala na, hanggang

hindi dumarating ang siyang nararapat para dito. Saka ko ito
ibibigay sa kaniya. **28** Kaya ikaw, anak ng tao, magpropesiya
at sabihin, 'Ang Panginoong Yahweh ay nagsasabi sa mga
Ammonita patungkol sa darating nilang kahihiyan: Isang
espada, isang espada ay hinugot! Ito ay pinatalim para sa
pagpatay upang lumamon, kaya ito ay magiging gaya ng
kidlat! **29** Habang ang mga propeta ay nakakakita ng mga
walang saysay na pangitain para sa iyo, habang gumagawa
sila ng mga rituwal upang makabuo ng mga kasinungalingan
para saiyo, itong espada ay nakaabang na sa mga leeg ng
masasama na siyang papatayin, ang mga araw ng kanilang
kaparusahan ay dumating na at ang oras ng kanilang
kalikuan ay magtatapos na. **30** Ibalik mo ang espada sa
kaluban nito. Sa lugar ng iyong pagkalikha, sa lugar ng
iyong pinagmulan, hahatulan kita! **31** Ibubuhos ko ang aking
pagkagalit sa iyo! Hihipan ko ang apoy ng aking galit laban
sa iyo at ilalagay kita sa kamay ng mga malulupit na tao,
mga bihasa sa pagwasak! **32** Ikaw ay magiging panggatong
sa apoy! Ang iyong dugo ay mapapagitna sa lupain. Hindi
ka na maaalala, sapagkat ako si Yahweh ang nagpahayag
nito!"'

**22** At dumating ang salita ni Yahweh sa akin at sinabi.
**2** Ngayon ikaw, anak ng tao, hahatol ka ba? Hahatulan
mo ba ang lungsod ng dugo? Ipaalam mo sa kaniya ang
lahat ng kaniyang kasuklam-suklam na gawain. **3** Dapat
mong sabihing, 'Sinasabi ito ng Panginoong Yahweh: Ito ang
lungsod na nagpadanak ng dugo sa kaniyang kalagitnaan
sa gayon ang kaniyang panahon ay dumating na; isang
lungsod na gumagawa ng mga diyus-diyosan upang gawing
marumi ang kaniyang sarili! **4** Ikaw ay nagkasala sa dugo
na iyong pinadanak, at naging marumi dahil sa mga diyus-
diyosan na iyong ginawa! Sapagkat pinalalapit mo ang iyong
mga araw at nalalapit na ang iyong mga huling taon. Kaya
gagawin kitang kahihiyan sa mga bansa at isang kakutyaan
sa paningin ng bawat lupain. **5** Ang mga malalapit at sila na
malalayo ay parehong manlilibak sa iyo, ikaw na maruming
lungsod, kasama ang karangalan na kilala sa bawat lugar
bilang puno ng kaguluhan!' **6** Masdan! ang mga pinuno ng
Israel, bawat isa sa kaniyang kapangyarihan ay pumunta sa
iyo upang magpadanak ng dugo! **7** Hindi na nila iginalang
ang mga ama at mga ina na nasa iyo, at inapi nila ang
mga dayuhan na nasa kalagitnaan ninyo. Inabuso nila ang
mga ulila at mga balo na nasa iyo. **8** Kinasuklaman ninyo
ang aking mga banal na bagay at nilapastangan ninyo ang
aking mga Araw ng Pamamahinga! **9** Pumunta ang mga
kalalakihang maninirang puri sa inyo upang magpadanak
ng dugo, at sila ay kakain sa mga bundok. Gagawa sila
ng kasamaan sa iyong kalagitnaan! **10** Ang kahubaran ng
isang ama ay inilantad sa iyo. Inabuso nila ang maruming
babae sa kalagitnaan ng kaniyang pagreregla. **11** Mga
kalalakihang gumagawa ng mga kasuklam -suklam sa
asawa ng kanilang kapwa, at mga kalalakihang gumawa ng
karumihang kahiya-hiya sa kani-kanilang mga manugang
na babae, mga kalalakihang nang-abuso ng kanilang mga
kapatid na babae, mga ama na nang-abuso sa kanilang
mga anak na babae—ang lahat ng ito ay nasa iyo. **12**
Kumukuha ang mga kalalakihang ito ang mga suhol sa iyo
upang magpadanak ng dugo. Kinuha ninyo ang tubo at
labis na kinita, sinira mo ang iyong kapwa sa pamamagitan
ng panggigipit, at kinalimutan mo ako—ito ang pahayag
ng Panginoong Yahweh. **13** Kaya tumingin ka! Hinampas
ko ng aking kamay ang kumikita sa pandaraya, at ang
pagdanak ng dugo sa gitna mo. **14** Matatag ba ang iyong
puso, malakas ba ang iyong mga kamay sa panahon na
ikaw ay aking haharapin? Ako, si Yahweh, na nagpapahayag
nito, at gagawin ko ito. **15** Kaya ikakalat kita sa mga bansa
at paghiwa-hiwalayin kita sa mga lupain. Sa paraang ito,
papawiin ko ang karumihan mo. **16** Kaya magiging marumi
ka sa paningin ng mga tao. Sa ganoon malalaman mo na
ako si Yahweh!" **17** Sumunod nito dumating muli ang salita ni
Yahweh sa akin at sinabi, **18** "Anak ng tao, ang sambahayan
ng Israel ay kalawang na sa akin. Lahat sila ay mga tira-
tirang tanso at lata, bakal, at tingga sa iyong kalagitnaan. Sila
ay magiging gaya ng kalawang ng tanso sa iyong pugon. **19**
Kaya sinasabi ito ng Panginoong Yahweh, 'Dahil lahat kayo
ay naging gaya ng latak, kaya masdan! Titipunin ko kayo
sa gitna ng Jerusalem. **20** Gaya ng naipong pilak at tanso,
bakal, tingga at lata na nailagay sa gitna ng pugon ay dapat
mahipan ang apoy nito, tutunawin ko kayo. Kaya iipunin
ko kayo sa aking galit at poot. Ilalagay ko kayo doon at
bubugahan ng apoy ito upang matunaw; Kaya iipunin kayo
sa aking galit at poot, at ilalagay ko kayo doon at ibubuhos.
**21** Kaya iipunin ko kayo at bubugahan ng apoy ng aking
poot kaya mabubuhos kayo sa kaniyang kalagitnaan. **22**
Gaya ng natutunaw na pilak sa gitna ng pugon, matutunaw
kayo sa gitna nito, at malalaman ninyo na ako, si Yahweh,
ang nagbuhos ng aking galit laban sa inyo!"" **23** Dumating
ang salita ni Yahweh sa akin at sinasabi, **24** "Anak ng tao,
sabihin mo sa kaniya, ' Ikaw ang lupain na hindi pa nalilinis.
Walang ulan sa araw ng poot! **25** Mayroong sabwatan ang
kaniyang mga propeta sa kaniyang kalagitnaan, tulad ng
isang umaatungal na leon na nilalapa ang biktima; inuubos
nila ang buhay at kinukuha ang mahahalagang yaman!
Pinaparami nila ang mga balo sa kaniyang kalagitnaan! **26**
Ang kaniyang mga pari ay gumagawa ng karahasan sa
aking kautusan, at nilapastangan nila ang aking mga banal
na bagay. Hindi nila nalalaman ang pagkakaiba ng banal na
mga bagay at sa mga bagay na kalapastangan, at hindi

itinuro ang pagkakaiba ng marumi at ng malinis. Hindi nila
binigyan pansin ang mga Araw ng Pamamahinga kaya hindi
ako ginalang sa kanilang kalagitnaan! 27 Ang kaniyang mga
prinsipe na nasa kaniya ay tulad ng mga asong lobo na
niluluray ang kanilang mga biktima. Pinapadanak nila ang
dugo at sinisira nila ang buhay, para kumita sa pamamagitan
ng pandaraya. 28 At pinintahan pa siya ng kaniyang mga
propeta gamit ang apog na pampinta; mga huwad ang
kanilang mga pangitain at kasinungalingan ang kanilang
mga ipinapahayag sa kanila, ang sinasabi nila "Ito ang
sinabi ng Panginoong Yahweh" kahit hindi naman nagsalita
si Yahwehi! 29 Ang mga tao ng lupain ay nang-aapi sa
pamamagitan ng panghuhuthut at pandarambong dahil sa
pagnanakaw, at inaabuso ang mahihirap at mga kapos, at
inapi ang mga dayuhan nang walang katarungan. 30 Kaya
naghanap ako ng isang tao mula sa kanila na magtatayo
ng pader at siyang tatayo sa harapan ko sa paglabag na
ito para sa lupain upang hindi ko na sirain ito, ngunit wala
akong natagpuan isa man. 31 Kaya ibubuhos ko ang aking
galit sa kanila! Tatapusin ko sila sa apoy ng aking galit at
ilalagay sila sa paraan na kanilang sariling iniisip—ito ang
Pahayag ng Panginoong Yahweh."'

**23** Dumating ang salita ni Yahweh sa akin at sinabing,
2 "Anak ng tao, mayroong dalawang babae, mga
anak na babae na iisa ang kanilang ina. 3 Kumilos sila
bilang mga nagbebenta ng aliw sa Egipto sa panahon
ng kanilang kabataan. Nagbenta sila ng aliw roon. Pinisil
ang kanilang mga suso at kinakarinyo roon ang kanilang
mga birheng utong. 4 Ang kanilang mga pangalan ay
sina Ohola—ang nakatatandang kapatid na babae—at si
Oholiba—ang kaniyang nakababatang kapatid na babae.
Pagkatapos naging akin sila at nanganak ng mga anak
na lalake at mga anak na babae. Ito ang ibig sabihin
ng kanilang mga pangalan: Samaria ang kahulugan ng
Ohola, at Jerusalem ang kahulugan ng Oholiba. 5 Ngunit
kumilos si Ohola bilang isang nagbebenta ng aliw kahit
nang siya ay akin pa; pinagnasahan niya ang kaniyang mga
mangingibig, para sa mga taga-Asiria na makapangyarihan,
6 ang gobernador na nagsusuot ng kulay ube, at para sa
kaniyang mga opisyal, na malalakas at makikisig, lahat sila
ay mga kalalakihan na nakasakay sa mga kabayo! 7 Kaya
ibinigay niya ang kaniyang sarili bilang isang nagbebenta ng
aliw sa kanila, sa lahat ng pinakamahusay na kalalakihan
ng Asiria! At ginagawa niyang marumi ang kaniyang sarili
kasama ng bawat isa na kaniyang pinagnasaan, kasama ng
kanilang mga diyus-diyosan na kaniyang pinagnasaan. 8
Sapagkat hindi niya iniwan ang kaniyang ugaling nagbebenta
ng aliw sa Egipto, nang sumiping sila sa kaniya noong siya
ay bata pa, nang una nilang sinimulang karinyuhin ang
kaniyang birheng suso, nang una nilang sinimulang ibuhos
ang kanilang walang kahihiyang pag-uugali sa kaniya. 9 Kaya
ibinigay ko siya sa kamay ng kaniyang mga mangingibig, sa
kamay ng mga taga-Asiria kung kanino siya nagnanasa!
10 Hubo't hubad nila siyang hinubaran. Kinuha nila ang
kaniyang mga anak na lalake at mga anak na babae,
at pinatay siya sa pamamagitan ng espada, at naging
kahiya-hiya siya sa ibang mga kababaihan, kaya hinatulan
nila siya. 11 Nakita ito ni Oholiba na kaniyang kapatid
na babae, ngunit mas higit na mapusok siyang nagnasa
kumilos ng parang isang nagbebenta ng aliw nang mas
higit kaysa sa kaniyang kapatid na babae! 12 Pinagnasaan
niya ang mga taga-Asiria, ang mga gobernador at ang
mga makapangyarihan na mga pinuno na nagdamit ng
kahanga-hanga, mga lalaking nakasakay sa mga kabayo!
Malalakas silang lahat, makikisig na lalake! 13 Nakita ko na
ginawa niyang marumi ang kaniyang sarili. Magkapareho ito
para sa dalawang magkapatid na babae. 14 Pagkatapos
dinagdagan pa niya ang pagbebenta niya ng aliw! Nakita
niya ang mga kalalakihang nakaukit sa mga pader, anyo
ng mga Caldeo na iginuhit ng kulay pula, 15 nakasuot ng
mga sinturon sa kanilang baywang, na may kasamang
humahampay na turbante sa kanilang mga ulo! Nagpakita
silang lahat na parang mga pinuno ng mga hukbo ng mga
karwahe, mga kalalakihan sa Babilonia ang lugar ng kanilang
kapanganakan. 16 Nang makita agad sila ng kaniyang mga
mata, pinagnasahan na niya sila, kaya nagsugo siya ng mga
mensahero sa kanila sa Caldea. 17 Pagkatapos dumating
ang mga taga-Babilonia sa kaniya at sa kaniyang higaan ng
pagnanasa, at ginawa nila siyang marumi sa pamamagitan
nila na walang kahihiyan. Sa pamamagitan kung ano ang
kaniyang ginawa siya ay naging marumi, kaya tumalikod siya
palayo mula sa kanila dahil sa pagkayamot. 18 Ipinakita niya
ang kaniyang mga gawa ng pagbebenta ng aliw at ipinakita
niya ang kaniyang hubad na katawan, kaya tumalikod ang
aking Espiritu mula sa kaniya, tulad lamang ng pagtalikod ng
aking Espiritu mula sa kaniyang kapatid na babae! 19 At
nakagawa siya ng napakaraming gawa ng pagbebenta ng
aliw, na kaniyang inilagay sa kaniyang kaisipan at ginaya
niya ang mga panahon ng kaniyang kabataan, Nang kumilos
siya bilang isang nagbebenta ng aliw sa lupain ng Egipto! 20
Kaya nagnasa siya para sa kaniyang mga mangingibig, na
ang maselang bahagi ng katawan ay tulad ng sa asno, at
ang lumalabas upang mag-kaanak ay tulad ng sa kabayo.
21 At nakagawa siyang muli ng kahiya-hiyang pag-uugali sa
kaniyang kabataan, nang kinakarinyo ang kaniyang mga
suso ng mga taga-Egipto sapagkat nasa kasariwaan ang
kaniyang mga suso! 22 Kung gayon, Oholiba, ito ang sinasabi
ng Panginoon Yahweh, 'Masdan ninyo, papatalikurin ko

ang iyong mangingibig laban sa iyo, dadalhin ko sila laban sa iyo mula sa bawat dako! **23** Sa mga Taga-Babilonia at sa lahat ng taga Caldeo! Pecod, Soa, at Koa! At sa lahat ng mga taga-Asiria na kasama nila! Malakas, makisig na kalalakihan! Mga gobernador at mga pinuno, lahat sila ay mga pinuno at mga kalalakihang may dangal! Nakasakay silang lahat sa mga kabayo! **24** Darating sila laban sa iyo na may mga sandata, at na may mga karwahe at mga karitob, at kasama ng napakaraming mga tao! Maghahanda sila ng malaking panangga, maliit na panangga, at mga helmet, laban sa inyong lahat na nakapalibot! Bibigyan ko sila ng pagkakataon upang parusahan kayo, at parurusahan nila kayo ayon sa inyong mga kinikilos! **25** Dahil itatakda ko ang aking galit sa inyo, at pakikitunguhan nila kayo ng may matinding galit! Tatapyasin nila ang iyong mga ilong at inyong mga tenga, at ang mga natira sa inyo ay papatayin sa pamamagitan ng espada! Kukunin nila ang inyong mga anak na lalake at inyong mga anak na babae, kaya lalamunin ng apoy ang inyong mga kaapu-apuhan! **26** Huhubarin nila ang inyong mga kasuotan at kukunin ang lahat ng inyong mga alahas! **27** Kaya aalisin ko ang pag-uugaling kahiya-hiya mula sa inyo at ang inyong mga gawa ng pagbebenta ng aliw mula sa lupain ng Egipto. Hindi ninyo itataas ang inyong mga paningin sa harapan nila na may pananabik, at hindi na ninyo iisipan pa ang Egipto! **28** Ito ang sinasabi ng Panginoong Yahweh, 'Masdan ninyo! Ibibigay ko kayo sa kamay ng mga kinamumuhian ninyo, ibabalik sa kamay kung kanino kayo tumalikod! **29** Pakikitunguhan nila kayo ng may pagkamuhi; Kukunin nila ang lahat ng inyong pag-aari at iiwan kayong walang kasuotan at hubad. Mahahayag ang hubad na kahihiyan ng inyong pagbebenta ng aliw, ang inyong kahiya-hiyang pag-uugali at kawalan ninyo ng delikadesa! **30** Mangyayari ang mga bagay na ito sa inyo sa inyong pagkilos tulad ng isang nagbebenta ng aliw, nagnanasa sa mga bansa sa pamamagitan kung saan kayo naging marumi kasama ng kanilang mga diyus-diyosan. **31** Lumakad kayo sa daan ng inyong mga kapataid na babae, kaya ilalagay ko ang saro ng kaparusahan sa inyong mga kamay!' **32** Ito ang sinasabi ng Panginoong Yahweh, 'Iinum ka sa saro ng iyong kapatid na babae, kung saan ito ay malalim at malawak; magiging katatawanan ka at isang paksa para sa panunuya—naglalaman ang sarong ito ng napakarami! **33** Mapupuno ka ng may kalasingan at kalumbayan, ang saro ng katatakutan at pagkawasak! Saro ito ng iyong kapatid na babaeng si Samaria! **34** Iinumin mo ito at uubusin; at dudurugin mo ito at tatanggalin ang iyong mga suso ng pira-piraso. Dahil ito ang ipinahayag ko! Ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh!' **35** Samakatuwid, ito ang sinasabi ng Panginoong Yahweh 'Sapagakat kinalimutan ninyo ako at tinalikuran ninyo ako, kaya dadalhin din ninyo ang kahihinatnan ng inyong kahiya-hiyang pag-uugali at mga gawa ng sekwal na imoralidad!" **36** Sinabi ni Yahweh sa akin, "Anak ng Tao, iyo bang hahatulan sina Ohola at Oholiba? Kaya ipakita mo sa kanila ang kanilang nakasusuklam na mga pagkilos, **37** yamang nakagawa sila ng pangangalunya, at mula noong may dugo sa kanilang mga kamay! Nakagawa sila ng pangangalunya, kasama ng kanilang mga diyus-diyosan at kahit na ipinasa nila ang kanilang mga anak na lalaki kung saan nayamot sila sa akin sa pamamagitan ng apoy upang masunog! **38** At nagpatuloy sila na gawin ito sa akin: Ginawa nilang marumi ang aking santuaryo, at sa araw ring iyon ay nilapastangan nila ang aking mga Araw ng Pamamahinga! **39** Dahil nang pinatay nila ang kanilang mga anak para sa kanilang mga diyus-diyosan, pagkatapos pumunta sila sa aking santuaryo ng araw ding iyon upang lapastanganin ito! Kaya masdan ninyo! Ito ang kanilang ginawa sa kalagitnaan ng aking tahanan! **40** Isinugo mo para sa mga kalalakihan na dumating mula sa malayo, kung kanino ang mga mensaherong isinugo—ngayon masdan mo! Sa katunayan dumating sila, sa kanilang iyong pinaliguan, iginuhit ang iyong mga mata, at pinaganda ang iyong mga sarili sa pamamagitan ng alahas. **41** At nakaupo ka sa ibabaw ng isang magandang higaan at isang dulang na nakagayak sa harapan nito. Pagkatapos inilagay ninyo ang aking insenso at aking langis sa ibabaw nito! **42** Kaya ang tinig ng maraming tao na may mga alalahanin ay kasama ninyo, at mga manginginom na dinala sa ilang na kasama ng ibang kalalakihan na walang halaga. Naglagay sila ng mga pulseras sa inyong mga kamay at mapalamuting mga korona sa inyong mga ulo. **43** Pagkatapos sinabi ko ang tungkol sa napagod sa mga gumagawa ng pangangalunya, 'Ngayon makikipagtalik sila sa kaniya, at siya ay makikipagtalik sa kanila.' **44** Pagkatapos pumunta sila at sumiping sa kaniya gaya ng nais nila sa sinumang nagbebenta ng aliw; sa ganoon ding pamamaraan sinipingan nila sina Ohola at Oholiba, mga babaeng nagkasala ng pangangalunya! **45** Ngunit hahatulan sila ng mga lalaking matuwid sa kaparusahan ng pangangalunya at kaparusahan sa mga nagbubo ng dugo, mula noong nagkasala sila ng pangangalunya at nagkaroon ng dugo sa kanilang mga kamay. **46** Kaya sinasabi ito ng Panginoong Yahweh: Magbabangon ako ng isang kapulungan laban sa kanila at ibibigay sila upang sindakin at nakawan. **47** Pagkatapos babatuhin sila ng bato ng kapulungan at tatagain sila ng mga espada. Papatayin nila ang kanilang mga anak na lalake at mga anak na babae at susunugin ang kanilang mga bahay! **48** Sapagkat aalisin ko ang nakahihiyang pag-uugali mula sa lupain at susupilin ang lahat ng mga kababaihan kaya hindi na sila gagawin

ang tulad sa isang nagbebenta ng aliw. 49 Kaya ihahanda
nila ang inyong nakahihiyang pag-uugali laban sa inyo.
Inyong dadalhin ang kahatulan ng inyong mga kasalanan
kasama ng inyong mga diyus-diyosan, at sa pamamaraang
ito malalaman ninyo na ako ang Panginoong Yahweh!"

**24** Muling dumating ang salita ni Yahweh sa akin sa
ika-siyam na taon, ang ika-sampung buwan sa ika-
sampung araw ng buwan, at sinabi, 2 "Anak ng tao, isulat mo
ang pangalan ng araw na ito para sa iyo, ang mismong araw
na ito; sapagkat ang mismong araw na ito, sinalakay ng hari
ng Babilonia ang Jerusalem. 3 At magsalita ng kawikaan
laban sa mapanghimagsik na bahay na ito, isang talinghaga,
at sabihin sa kanila, 'Sinasabi ito ng Panginoong Yahweh:
Ilagay ang lutuang palayok! Ilagay ito! Lagyan din ng tubig
ang loob nito! 4 Pagsama-samahin ang mga sangkap ng
pagkain sa loob nito, bawat magagandang bahagi—ang
hita at ang balikat; punuin ito nang pinakamainam na mga
buto! 5 Kunin ang pinakamainam na kawan at ibunton ang
mga buto sa ilalim nito; pakuluan ito ng maigi at lutuin
din ang mga buto na nasa gitna nito. 6 Samakatuwid
sinasabi ito ng Panginoong Yahweh: Aba sa lungsod ng
dugo, isang lutuang palayok na may kalawang sa loob
nito at hindi matatanggal ang kalawang na iyon! Tanggalin
man ito ng pira-piraso, ngunit huwag magsapalaran para
rito. 7 Sapagkat ang kaniyang dugo ay nasa kaniyang
kalagitnaan! Inilagay niya ito sa makinis na bato; hindi niya
ito ibinuhos sa lupa upang matakpan ito ng alikabok, 8
kaya magdadala ito nang matinding galit upang maging
ganap na paghihiganti! Inilagay ko ang kaniyang dugo sa
makinis na bato upang hindi ito matakpan! 9 Samakatuwid,
sinasabi ito ng Panginoong Yahweh: Aba sa lungsod ng
dugo! Lalakihan ko rin ang bunton ng kahoy! 10 Dadamihan
ang kahoy! Sindihan ng apoy! Lutuin ang karne nang
maigi at lagyan ng pampalasa? ang sabaw! At hayaang
masunog nang mabuti ang mga buto! 11 Pagkatapos, ilagay
ang palayok na walang laman sa uling, upang painitin at
sunugin ang tanso nito, upang malusaw ang karumihan nito,
masisira nito ang kalawang!' 12 Siya ay mapapagod dahil
sa mabigat na trabaho, ngunit ang kaniyang kalawang ay
hindi matanggal sa kaniya sa pamamagitan ng apoy. 13 Ang
iyong nakakahiyang pag-uugali ay nasa iyong karumihan,
dahil nilinis kita, ngunit nanatili ka paring marumi. Hindi ka
parin magiging malaya mula sa iyong karumihan hanggang
humupa ang matinding galit ko sa iyo. 14 Ako, si Yahweh,
ipinahayag na mangyayari ito, at gagawin ko ito! Hindi ako
magbabalik-loob ni manghihinayang dito. Gaya ng inyong
mga pamamaraan, at ayon sa iyong mga gawain, hahatulan
ka nila! —ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh." 15
Pagkatapos, ang salita ni Yahweh ay dumating sa akin at
sinabi, 16 "Anak ng tao, masdan! Aalisin ko ang nais ng
iyong mga mata sa pamamagitan ng isang salot, ngunit hindi
ka dapat tumangis ni umiyak at hindi dapat umagos ang
iyong mga luha. 17 Dapat kang maghinagpis nang tahimik.
Huwag magsagawa ng pagluluksa para sa patay. Itali ang
iyong turbante at isuot mo ang sandalyas sa iyong paa,
ngunit huwag mong takpan ng belo ang iyong balbas o kainin
ang tinapay ng mga kalalakihang nagdadalamhati sapagkat
namatay ang kanilang mga asawa." 18 Kaya nakipag-usap
ako sa mga tao sa umaga, at kinagabihan namatay ang
aking asawa. At ginawa ko kinabukasan ang iniutos sa
akin. 19 Tinanong ako ng mga tao, "Hindi mo ba sasabihin
sa amin kung ano ang ibig sabihin ng mga bagay na ito,
ang mga bagay na iyong ginagawa?" 20 Kaya sinabi ko sa
kanila "Ang salita ni Yahweh ay dumating sa akin at sinabi,
21 'Sabihin mo sa sambahayan ng Israel, sinasabi ito ng
Panginoong Yahweh: Masdan! Ang kapalaluan ng inyong
lakas, ang nais ng inyong mga mata, at ang inyong mga
pagnanasa ang dumudungis sa aking santuwaryo! Kaya ang
inyong mga anak na lalaki at mga anak na babae na inyong
iniwan ay babagsak sa pamamagitan ng espada. 22 At
gagawin ninyo ang mismong ginawa ko: hindi ninyo tatakpan
ng belo ang inyong balbas, ni kumain ng mga tinapay ng
mga kalalakihang nagluluksa! 23 Sa halip, ang inyong mga
turbante ay ilalagay sa inyong mga ulo at ang inyong mga
sandalyas sa inyong mga paa; hindi kayo tatangis ni iiyak,
sapagkat matutunaw kayo sa inyong mga kasamaan at
ang bawat kalalakihan ay maghihinagpis para sa kaniyang
kapatid na lalaki. 24 Kaya si Ezekiel ay magiging tanda para
sa inyo, ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginawa ay
inyong gagawin kapag ito ay dumating. At malalaman ninyo
na ako ang Panginoong Yahweh!"' 25 "Ngunit ikaw, anak
ng tao, sa araw na mabibihag ko ang kanilang templo, na
kanilang kagalakan, ang kanilang kapalaluan at kung ano
ang kanilang nakikita at hinahangad—at kapag kinuha ko
ang kanilang mga anak na lalaki at mga babae— 26 sa araw
na iyon, isang nakatakas ang pupunta sa inyo upang ipaalam
sa inyo ang balita! 27 Sa araw na iyon, bubuka ang iyong
bibig sa nakatakas na iyon at ikaw ay magsasalita—hindi
ka na mananahimik kailanman. Ikaw ay magiging tanda sa
kanila upang malaman nila na ako si Yahweh!"

**25** Pagkatapos dumating ang salita ni Yahweh sa akin
at sinabing, 2 "Anak ng tao, iharap mo ang iyong
mukha laban sa mga tao ng Ammon at magpropesiya ka
laban sa kanila. 3 Sabihin mo sa mga mamamayan ng
Ammon, 'Pakingggan ang salita ng Panginoong Yahweh.
Ito ang sinasabi ng Panginoong Yahweh: Sinabi ninyo,
"Aha" laban sa aking santuwaryo nang lapastanganin ito, at
laban sa lupain ng Israel nang pinabayaan ito, at laban sa

sambahayan ng Juda nang sila ay dalhing bihag. 4 Kaya
masdan ninyo! ibibigay ko kayo sa mga tao sa silangan
bilang kanilang mga pag-aari; maghahanda sila ng mga
kampamento laban sa inyo at gagawa ng mga tolda sa inyo.
Kakainin nila ang inyong prutas, at iinumin nila ang inyong
mga gatas! 5 At gagawin kong isang pastulan si Rabba
ng mga kamelyo at ang mga mamamayan ng Ammon ay
isang pastulan ng mga tupa, kaya inyong malalaman na
ako si Yahweh! 6 Sapagkat ito ang sinasabi ng Panginoong
Yahweh: Ipinalakpak ninyo ang inyong mga kamay at
ipinadyak ang inyong mga paa, at nagalak sa lahat ng mga
paghamak sa inyo laban sa lupain ng Israel. 7 Kaya masdan
ninyo! Hahampasin ko kayo ng aking kamay at ibibigay
ko kayo bilang mga samsam sa mga bansa. Ihihiwalay
ko kayo mula sa mga tao at kayo lamang ang pupuksain
mula sa maraming mga bansa! Wawasakin ko kayo, at
inyong malalaman na ako si Yahweh!' 8 Ito ang sinasabi
ng Panginoon Yahweh, 'Dahil sinasabi ng Moab at Seir,
“Masdan ninyo! Ang sambahayan ni Juda ay tulad ng ibang
mga bansa!” 9 Kaya nga masdan ninyo! bubuksan ko ang
libis ng Moab, simula sa mga hangganan ng kaniyang mga
lunsod— Ang karangyaan ng Beth-jesimot, Baal-meon, at 10
Kiryataim—Sa mga tao ng silangan na laban sa mga tao ng
Ammon. Ibibigay ko sila na parang isang pag-aari kaya hindi
na maaalala pa ang mga mamamayan ng Ammon sa mga
bansa. 11 Kaya magsasagawa ako ng mga kahatulan laban
sa Moab, at kanilang malalaman na ako si Yahweh!' 12 Ito
ang sinasabi ng Panginoong Yahweh, 'Maghihiganti ang
Edom laban sa sambahayan ng Juda at sa nakagawa rin
ng pagkakamali na gawin ito. 13 Kaya, ito ang sinasabi ng
Panginoong Yahweh: Hahampasin ko ang Edom ng aking
kamay at wawasakin ang bawat tao at hayop doon. Gagawin
ko silang isang sira, iniwang lugar, mula sa Teman at Dedan.
Sila ay mahuhulog sa pamamagitan ng mga espada! 14
Sa ganitong pamamaraan maghihiganti ako sa Edom sa
pamamagitan ng kamay ng aking mamamayang Israel, at
gagawin nila sa Edom ang ayon sa aking poot at matinding
galit! Kaya malalaman nila ang aking paghihiganti! —ito ang
pahayag ng Panginoong Yahweh!' 15 Ito ang sinasabi ng
Panginoong Yahweh, 'naghiganti ang mga Filisteo ng may
masamang hangarin at mula sa kanilang mga sarili paulit-
ulit nilang sinubukang wasakin ang Juda. 16 Kaya ito ang
sinasabi ng Panginoong Yahweh: Masdan ninyo! Iaabot ko
ang aking kamay laban sa mga Filisteo, at ihihiwalay ko ang
mga taga-Creta at wawasakin ang mga nalabi na nasa gilid
ng baybayin ng dagat! 17 Maghihiganti ako ng labis sa kanila
na may matinding galit ng kaparusahan, kaya malalaman
nila na ako si Yahweh, kapag isinagawa ko ang paghihiganti
sa kanila!”

**26** Sa ika-labing isang taon, sa unang araw ng buwan,
dumating sa akin ang salita ni Yahweh at sinabi, 2
“Anak ng tao, dahil sinabi ng Tiro laban sa Jerusalem na,
'Aha! Nasira na ang mga tarangkahan ng mga tao! Humarap
na siya sa akin; Ako ay mapupuno habang siya ay nasisira!'
3 Kaya sinasabi ito ng Panginoong Yahweh, 'Makinig! Ako ay
laban sa iyo, Tiro, at magtatatag ako ng maraming bansa
laban sa iyo tulad ng pagtaas ng dagat sa mga alon nito!
4 Wawasakin nila ang mga pader ng Tiro at gigibain ang
kaniyang mga tore. Wawalisin ko ang kaniyang alikabok
at gagawin ko siyang tulad ng isang hubad na bato. 5
Magiging isang lugar siya na patuyuan ng mga lambat sa
gitna ng dagat, yamang ipinahayag ko ito —ito ang pahayag
ng Panginoong Yahweh —at magiging samsam siya para
sa mga bansa! 6 Papatayin sa pamamagitan ng mga
espada ang kaniyang mga anak na babae na nasa bukid at
malalaman nilang ako si Yahweh! 7 Sapagkat sinasabi ito ng
Panginoong Yahweh: Masdan! Dadalhin ko si Nebucadnezar,
ang hari ng Babilonia, laban sa Tiro na nasa silangan,
ang hari ng mga hari na may mga kabayo, mga karwahe,
at kabalyero! Isang malaking hukbo ng maraming tao! 8
Papatayin niya ang iyong mga anak na babae sa mga bukirin
gamit ang espada at magtatayo ng mga tanggulan laban sa
iyo. Gagawa siya ng mga rampang panglusob laban sa iyo
at itataas ang mga kalasag laban sa iyo! 9 Ilalagay niya
ang kaniyang malalaking trosong panggiba upang hampasin
ang iyong mga pader at ang kaniyang mga kagamitan ang
gigiba sa iyong mga tore! 10 Tatabunan ka niya ng alikabok
ng napakaraming kabayo! Yayanig ang iyong mga pader
sa tunog ng mga kabayo at mga gulong ng mga karwahe
kapag pumasok na siya sa iyong mga tarangkahan gaya ng
pagsalakay sa mga tarangkahan ng lungsod! 11 Tatapak-
tapakan ng kaniyang mga kabayo ang lahat ng iyong mga
lansangan; papatayin niya ang iyong mga tao gamit ang
espada at babagsak sa lupa ang iyong matitibay na mga
haligi. 12 Sa paraang ito nanakawin nila ang iyong lakas at
ang iyong mga kalakal! Gigibain nila ang iyong mga pader at
ang iyong mga mariwasang bahay hanggang ang iyong
bato at kahoy at alikabok ay mailatag sa gitna ng katubigan.
13 Sapagkat patitigilin ko ang ingay ng iyong mga awitin
at hindi na maririnig pa ang tunog ng iyong mga lira! 14
Sapagkat gagawin kitang puro bato lamang; magiging isang
lugar ka na patuyuan ng mga lambat. Hindi ka na muling
maitatayo pa, dahil ako, si Yahweh, ay ipinahayag ito! - ito
ang pahayag ng Panginoong Yahweh!' 15 Sinasabi ito ng
Panginoong Yahweh sa Tiro, 'Hindi ba mayayanig ang mga
isla sa tunog ng iyong pagbagsak at sa pagdaing ng mga
nasugatan kapag ang katakot-takot na pagpatay ay nasa
iyong kalagitnaan? 16 Dahil bababa sa kanilang mga trono

ang lahat ng mga namumuno ng karagatan at isasantabi
ang kanilang mga balabal at huhubarin ang kanilang mga
makukulay na kasuotan! Babalutin nila ng takot ang kanilang
mga sarili! Uupo sila sa lupa at tuloy-tuloy na mangangatog
at manginginig sa takot sa iyo! 17 Aawitan ka nila ng awit
ng panaghoy para sa iyo at sasabihin nila sa iyo, Paanong
ikaw, na siyang tinitirahan ng mga mandaragat, ay nawasak!
Ang tanyag na lungsod na napakalakas - ngayon ay naglaho
na sa dagat! At ang mga nananahan sa kaniya ay minsang
nagbigay takot sa lahat ng iba pang naninirhan malapit sa
kanila. 18 Yumayanig ngayon ang mga baybayin sa araw ng
iyong pagbagsak! Nasisindak ang mga isla sa karagatan
dahil ikaw ay namatay. 19 Dahil sinasabi ito ng Panginoong
Yahweh: Kapag ginawa kitang isang mapanglaw na lungsod,
tulad ng ibang mga lungsod na walang naninirahan, kapag
itinaas ko ang kailaliman laban sa iyo at kapag tinabunan
ka ng malalaking katubigan, 20 pagkatapos ay ibababa
kita sa mga tao ng sinaunang panahon tulad ng iba na
bumaba sa hukay; dahil gagawin kitang naninirahan sa
pinakamababang bahagi ng lupa gaya ng mga nasira noong
sinaunang panahon. Dahil dito hindi ka na makakabalik sa
lupain kung saan nabubuhay ang mga tao. 21 Ipaparanas ko
sa iyo ang mga kapahamakan, at ganap kang mawawala.
Pagkatapos ikaw ay hahanapin, ngunit hindi ka na muli pang
mahahanap - ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh!'"

**27** Muling dumating sa akin ang salita ni Yahweh at
sinabi, 2 "Ngayon ikaw, anak ng tao, magsimula ka ng
panaghoy tungkol sa Tiro, 3 at sabihin sa Tiro, 'Ikaw na
nananahan sa pasukan ng dagat, mga mangangalakal ng
mga tao sa maraming mga isla, sinasabi ito ng Panginoong
Yahweh: Tiro! Sinabi mo, "Wala akong kapintasan sa
kagandahan!" 4 Nasa pusod ng mga karagatan ang iyong
mga hangganan; ginawang walang kapintasan ng iyong mga
manggagawa ang iyong kagandahan. 5 Ginawa nila ang
iyong mga tabla mula sa mga pirs na galing sa Bundok ng
Hermon; kumuha sila ng sedar mula sa Lebanon upang
makagawa ng poste ng barko para sa iyo. 6 Ginawa nila
ang iyong mga sagwan mula sa mga owk mula sa Bashan;
ginawa nila ang iyong mga palapag mula sa kahoy na galing
sa Cyprus at pinalamutian nila ito ng garing. 7 Makukulay na
lino ang iyong mga layag na galing sa Egipto na parang
inyong mga bandera! 8 Ang mga taong naninirahan sa Sidon
at Arvad ay ang iyong mga taga-sagwan; ang mga taga-Tiro
ay nasa sa iyo; sila ang iyong mga kapitan. 9 Ang iyong
mga lamat ay pinunan ng mga bihasang manggagawa;
dala-dala ng lahat ng mga barko sa dagat at ng kanilang
mga manlalayag ang iyong mga kalakal na pangkalakal! 10
Nasa iyong hukbo ang mga taga-Persia, Lydia at Libya, ang
iyong mga mandirigma! Isinabit nila sa iyo ang mga kalasag
at mga helmet; ipinakita nila ang iyong kaluwalhatian! 11
Nakapalibot sa iyong mga pader ang mga kalalakihan ng
Arvad at Helec sa iyong hukbo at ang mga tao sa Gamad ay
nasa iyong mga tore! Isinabit nila ang kanilang mga kalasag
sa iyong mga pader sa palibot mo! Kinumpleto nila ang
iyong kagandahan! 12 Naging suki mo ang Tarsis dahil sa
napakaraming uri ng kayamanan: pilak, bakal, lata, at tingga.
Binili at ibinenta nila ang iyong mga paninda! 13 Ang Javan,
Tubal, at Meshec—nagpalitan sila ng mga alipin at mga
kagamitang gawa sa tanso. Sila ang namahala sa iyong mga
kalakal. 14 Nagbigay ang Beth-Togarma ng mga kabayo,
mga lalaking kabayo at mola bilang iyong mga pangkalakal.
15 Ang mga kalalakihan ng Rodes ang iyong naging mga
mangangalakal sa maraming mga baybayin. Nasa iyong
mga kamay ang mga kalakal; nagpadala sila pabalik ng
mga sungay, garing, at itim na kahoy bilang pagpaparangal!
16 Naging mangangalakal mo ang Aram sa karamihan ng
iyong produkto; nagbigay sila ng mga esmeralda, mga
telang kulay lila, pinong tela, mga perlas at mga pulang
rubi bilang iyong mga kalakal. 17 Nakikipagpalitan sa iyo
ang Juda at ang lupain ng Israel. Nagbibigay sila ng trigo
mula sa Minith, trigo, pulot, langis at balsamo bilang iyong
mga kalakal. 18 Ang Damasco ay iyong mangangalakal sa
lahat ng iyong mga produkto, lahat ng iyong napakalaking
kayamanan, at ng alak ng Helbon at lana ng Zahar. 19
Binigyan ka ng mga taga-Dan at mga taga-Javan na mula
sa Uzal ng mga kalakal na yari sa bakal, kanela at kalamo.
20 Naging kalakal ang mga ito para sa iyo. Mga pinong
upuang kumot naman ang kinakalakal sa iyo ng Dedan.
21 Ang Arabia at ang lahat ng mga pinuno ng Kedar ay
mga nakikipagkalakalan sa iyo; sa kanila nanggagaling
ang mga tupa, mga lalaking tupa at mga kambing. 22
Pumupunta sa iyo ang mga mangangalakal ng Seba at
Raama upang ibenta sa iyo ang bawat pinakamasasarap
na pampalasa at ang lahat ng uri ng mga mamahaling
bato; at nakikipagkalakalan sila ng ginto para sa iyong mga
kalakal. 23 Nakikipagkalakalan sa iyo ang Haran, Canne at
ang Eden, kasama ng Seba, Assur at Kilmad. 24 Ito ang
mga nangangalakal sa iyo ng pinalamutiang balabal na
kulay lila ang tela na may makukulay na habi at mga sari-
saring kulay ng mga kumot, naburdahan at telang pulido
ang pagkakahabi sa iyong mga pamilihan. 25 Ang mga
barko ng Tarsis ang mga tagapagdala ng iyong mga kalakal!
Kaya ikaw ay napuno lulan ng mabibigat na mga kalakal
sa pusod ng mga karagatan! 26 Dinala ka ng iyong mga
tagasagwan sa mga malalawak na karagatan; winasak ka
ng hangin ng silangan sa kanilang kalagitnaan. 27 Ang iyong
kayamanan, produkto at mga kalakal; ang iyong mga marino,
mandaragat, at mga manggagawa ng barko; ang iyong

mga mangangalakal ng mga produkto at ang lahat ng mga
kalalakihang mandirigmang nasa iyo at lahat ng iyong mga
tauhan - lulubog sila sa kailaliman ng dagat sa araw ng iyong
pagkawasak. **28** Yayanig ang mga lungsod sa karagatan sa
tunog ng sigaw ng iyong kapitan; **29** Bababa ang lahat ng
mga humahawak ng sagwan mula sa kanilang mga barko;
tatayo sa lupa ang mga marino at bawat manlalayag ng
dagat. **30** Pagkatapos ay ipaparinig nila sa iyo ang kanilang
mga boses at mananaghoy ng buong kapaitan; lalagyan
nila ng alikabok ang kanilang mga ulo. Gugulong-gulong
sila sa mga abo. **31** Kakalbuhin nila ang kanilang mga ulo
para sa iyo at babalutin ang kanilang mga sarili gamit ang
sako, at tatangis sila nang may pait at sila ay sisigaw. **32**
Lalakasan nila ang kanilang pagdaing ng panaghoy para sa
iyo at aawit ng panambitan sa iyo, Sino ang tulad ng Tiro, na
ngayon ay nadala sa katahimikan sa kalagitnaan ng dagat?
**33** Nang dumaong ang iyong mga kalakal mula sa dagat,
nasiyahan ang maraming tao; pinayaman mo ang mga hari
ng mundo sa iyong labis na kayamanan at kalakal! **34** Ngunit
nang mawasak ka ng karagatan, sa pamamagitan ng mga
katubigan, lumubog ang iyong mga kalakal at ang lahat
ng iyong mga tripulante! **35** Nanlumo sa iyo ang lahat ng
mga naninirahan sa mga baybayin at nanginig sa takot ang
kanilang mga hari! Nanginig ang kanilang mga mukha! **36**
Pinalatakan ka ng mga mangangalakal ng mga tao; ikaw ay
naging isang katatakutan at hindi ka na muling mabubuhay
kailanman.'"

**28** Pagkatapos nagsalita si Yahweh sa akin at sinabi, **2**
"Anak ng tao, sabihin mo sa namumuno ng Tiro, 'Ito
ang sinasabi ng Panginoong Yahweh: Mapagmataas ang
iyong puso! Sinabi mo, "Ako ay isang diyos! Uupo ako sa
upuan ng mga diyos sa kalagitnaan ng dagat!" Kahit na
ikaw ay tao at hindi Diyos, ginawa mo ang inyong puso na
gaya ng puso ng isang diyos; **3** iniisip mo na mas matalino
ka kaysa kay Daniel, at walang lihim na nakamamangha
sa iyo! **4** Pinayaman mo sa karunungan at kahusayan
mo ang iyong sarili at nagtamo ka ng ginto at pilak sa
iyong kabang yaman! **5** Sa pamamagitan ng iyong labis na
kaalaman at sa iyong pangangakalakal, naparami mo ang
iyong kayamanan, kaya ang iyong puso ay mapagmataas
dahil sa iyong kayamanan! **6** Kaya, sinabi ito ng Panginoong
Yahweh: Dahil ginawa mo ang iyong puso na tulad ng puso
ng isang diyos, **7** kaya magpapadala ako ng mga dayuhan
laban sa iyo, kakilakilabot na mga kalalakihan mula sa ibang
mga bansa! At dadalhin nila ang kanilang mga espada laban
sa kagandahan ng iyong karunungan at hindi nila igagalang
ang iyong kaningningan! **8** Dadalhin ka nila sa hukay at ang
kamatayan mo ay kamatayan ng mga namatay sa ilalim
ng mga dagat! **9** Masasabi mo pa kaya na, "Ako ay isang
diyos" sa harapan ng taong papatay sa iyo? Ikaw ay isang
tao at hindi Diyos at ikaw ay nasa kamay ng sasaksak sa
iyo! **10** Ang ikamamatay mo ay ang kamatayan ng hindi
natuli sa kamay ng mga dayuhang, sapagkat ipinahayag
ko ito—ito ang kapahayagan ng Panginoong Yahweh!'" **11**
Nagsalitang muli sa akin si Yahweh at sinabi, **12** "Anak
ng tao, lakasan mo ang pagtangis para sa hari ng Tiro at
sabihin sa kaniya, 'Ito ang sinabi ng Panginoong Yahweh:
Ikaw ang halimbawa ng walang kapintasan, punong-puno
ng karunungan at walang kapintasan na kagandahan! **13**
Ikaw ay nasa Eden, ang hardin ng Diyos! Bumabalot sa iyo
ang bawat mahahalagang bato: carnelian, krisolait, at onise!
Topaz, at diyamanteng nagniningning, at jasper! Safiro,
esmeralda at berilo! Sa ginto nakahulma ang mga batong ito
para sa iyo! Inihanda nila ang mga ito upang ipasuot sa iyo sa
araw na ikaw ay lilikhain! **14** Inilagay kita sa banal na bundok
ng Diyos gaya ng kerubin na itinalaga ko upang magbantay
sa sangkatauhan! Nasa gitna ka ng mga kumikinang na mga
bato kung saan ka naglakad. **15** Mayroon kang karangalan
sa iyong mga pamamaraan mula sa araw na ikaw ay nilikha
hanggang sa nakita sa iyo ang kawalan ng katarungan. **16**
Sa dami ng bilang ng iyong kalakal napuno ka ng karahasan,
kaya ka nagkasala! Itinapon kitang narumihan mula sa
bundok ng Diyos at sinira kita, ikaw, na bantay na kerubin,
mula sa mga kumikinang na bato. **17** Ang iyong puso ay
mapagmataas dahil sa iyong kagandahan; sinira mo ang
iyong karunungan dahil sa inyong kaningningan! Inihagis kita
sa lupa! Inilagay kita sa harapan ng mga hari upang makita
ka nila! **18** Dahil sa marami mong kasalanan at sa iyong
hindi tapat na pangakalakal, dinungisan mo ang iyong mga
banal na lugar! Kaya nagpalabas ako ng apoy galing sa iyo;
tutupukin ka nito. Gagawin kitang abo sa mundo sa harapan
ng lahat na manonood sa iyo. **19** Lahat ng mga nakakilala
sa iyo na kabilang sa mga tao ay iiling sa iyo; masisindak
sila at hindi ka na mabubuhay muli!'" **20** At nagsalita sa akin
si Yahweh at sinabi, **21** "Anak ng tao, ibaling mo ang iyong
mukha laban sa Sidon at magpahayag laban sa kaniya! **22**
Sabihin mo, 'Sinasabi ito ng Panginoong Yahweh: Masdan!
Ako ay laban sa iyo, Sidon! Dahil ako ay maluluwalhati
sa gitna mo upang malaman ng iyong mga tao na ako
si Yahweh kapag iginawad ko na ang katarungan sa iyo.
Makikita nila sa inyo na ako ay banal! **23** Magpapadala ako
ng salot sa iyo at dugo sa inyong mga lansangan at ang mga
pinaslang ay babagsak sa kalagitnaan mo. Kapag dumating
ang espada laban sa iyo mula sa lahat ng dako, dito mo
malalaman na ako si Yahweh! **24** Pagkatapos noon ay wala
ng dawag na nakakasalubsob at mga tinik na nagpapahirap
sa sambahayan ng Israel sa alin man sa nakapalibot sa
kaniya na nanlalait sa kaniyang mga tao, kaya malalaman

nila na ako ang Panginoong Yahweh!' **25** Ito ang sinabi ng
Panginoong Yahweh, “Kapag tinipon ko ang sambahayan ng
Israel mula sa mga tao na kung saan sila naikalat, at kapag
ako ay naitalaga sa kanila, upang makita ng ibang mga
bansa. Pagkatapos ay gagawa sila ng kanilang mga tahanan
doon sa lupain na ibibigay ko kay Jacob na aking lingkod! **26**
At sila ay mamuhay ng matiwasay roon at magtatayo sila ng
mga bahay, magtanim ng mga ubasan at mamuhay sila ng
matiwasay kapag isakatuparan ko ang kahatulan sa lahat
ng namumuhi sa kanila mula sa iba't-ibang dako; upang
malaman nila na ako si Yahweh ang Diyos nila!'"

**29** Sa ika-sampung taon, sa ika-siyam na buwan at ika-
labing dalawang araw ng buwan, nagsalita sa akin si
Yahweh at sinabi, **2** “Anak ng tao, ihanda mo ang iyong
sarili laban sa Paraon, ang hari ng Egipto; magpahayag ka
laban sa kaniya at laban sa lahat ng taga Egipto! **3** Ipahayag
mo at sabihin, 'Ang Panginoong Yahweh ang nagsabi nito:
Masdan! Laban ako sa iyo, Paraon, hari ng Egipto! Ikaw, ang
dambuhalang nilalang sa dagat na nakahiga sa ilalim ng ilog,
na nagsasabi sa akin, “Pinagawa ko ang ilog para sa sarili
ko!” **4** Dahil maglalagay ako ng pangawil sa iyong panga at
ang mga isda ng iyong Nilo ay kakapit sa iyong mga kaliskis;
iaangat kita paitaas mula sa gitna ng iyong ilog kasama ang
lahat ng isda sa ilog na kumapit sa iyong kaliskis. **5** Itatapon
kita pababa sa ilang, ikaw at ang lahat ng isda mula sa iyong
ilog. Malalaglag ka sa ibabaw ng parang, hindi ka pupulutin
ni itataas. Ibibigay kita bilang pagkain ng mga nabubuhay na
mga bagay sa mundong ito at mga ibon sa mga kalawakan!
**6** At malalaman ng lahat ng mga naninirahan sa Egipto
na ako si Yahweh, dahil sila ay naging tungkod na tambo
sa sambahayan ng Israel! **7** Nang mahawakan ka nila sa
kanilang kamay, nabali ka at nagkaputol-putol at tinusok mo
ang kanilang balikat, at nang sumandal sila sa iyo, dinurug
mo ang kanilang mga hita at pinanginig mo ang kanilang
balakang. **8** Kaya ito ang sinasabi ni Yahweh: Masdan!
Magdadala ako ng espada laban sa iyo; papatayin kong
pareho mula sainyo ang tao at ang hayop. **9** Kaya magigiba
at masisira ang lupain ng Egipto; at malalaman nila na ako
si Yahweh, dahil sinabi ng dambuhala sa dagat, “Ang ilog ay
akin, dahil ako ang gumawa nito!" **10** Kaya, masdan! Laban
ako sa iyo at laban sa iyong ilog, kaya gagawin kong ilang
ang lupain ng Egipto at hindi mapakinabangan, kaya ikaw ay
magiging lupain na walang pakinabang magmula sa Migdol
hanggang Sevene at sa mga hangganan ng Kush. **11** Walang
paa ng tao ang dadaan dito! Walang paa ng mga hayop
ang dadaan dito! At hindi ito matitirahan ng apatnapung
taon! **12** Dahil gagawin kong ilang sa gitna ng mga lupain ng
Egipto na hindi natirahan at ang kaniyang mga lungsod sa
gitna ng mga walang pakinabang na lungsod at magiging
ilang ng apatnapung mga taon; pagkatapos ay ikakalat ko
ang mga taga-Egipto sa mga bansa at paghihiwa-hiwalayin
ko sila sa mga lupain. **13** Sapagkat ito ang sinasabi ng
Panginoong Yahweh: Sa pagtatapos ng apatnapung taon,
titipunin ko ang mga taga-Egipto mula sa mga tao kung saan
sila ikinalat. **14** Ibabalik ko ang mga kabuhayan sa Egipto at
ibabalik ko sila sa lupain ng Patros, sa lupain kung saan sila
nagmula. Pagkatapos sila ay magiging isang mababang
kaharian doon. **15** At ito ang magiging pinakamababa sa mga
kaharian at hindi na siya kailanman makakahigit sa ibang
mga bansa. At babawasan ko sila upang hindi sila muling
mamumuno sa mga bansa. **16** At hindi na ang mga taga-
Egipto ang idadahilan na sasandalan ng mga sambayanan
ng Israel. Sa halip, ipaalaala nila sa mga sambayanan ni
Israel ang kanilang nagawanng kasalanan noong sila ay
nagpunta sa Egipto upang humingi ng tulong. Pagkatapos
ay malalaman nila na Ako ang Panginoon Yahweh!'" **17**
At nangyari na noong ika-dalawampu at pitong taon sa
unang araw ng unang buwan, nagsalita sa akin si Yahweh at
sinabi, **18** “Anak ng tao, inihanda na ni Nebucadnezar na
hari ng Babilonia ang kaniyang mga kawal upang gawin ang
mabigat na gawain laban sa Tiro. Bawat ulo ay naahit at
bawat balikat ay nalapnos ngunit kahit kailan wala silang
bayad mula sa Tiro para sa kaniya at sa kaniyang hukbo sa
mabigat na trabaho na ginawa nila laban sa Tiro. **19** Kaya ito
ang sinabi ng Panginoong Yahweh, 'Masdan! Ibibigay ko ang
lupain ng Egipto kay Nebucadnezar na hari ng Babilonia at
hahakutin nila ang mga kayamanan nila at lilimasin ang mga
ari-arian at dadalhin lahat ang kaniyang matagpuan doon; at
iyan ang maging sahod ng kaniyang mga kawal! **20** Ibinigay
ko sa kaniya ang lupain ng Egipto para sa mga sahod sa
ginawa nilang trabaho para sa akin - ito ang ipinahayag
ng Panginoong Yahweh. **21** Sa araw na iyon ay palilitawin
ko ang isang sungay para sa sambahayan ni Israel, at
pagsasalitain ko kayo sa gitna nila, upang malaman nila na
ako si Yahweh!'"

**30** Ang salita ni Yahweh ay dumating sa akin at sinabi,
**2** “Anak ng tao, magpropesiya ka at sabihin, 'ito
ang sinasabi ng Panginoong Yahweh: Managhoy, “Aba sa
darating na araw!” **3** Ang araw ay malapit na! Malapit na ang
araw para kay Yahweh! Magiging maulap ang araw na ito,
isang panahon ng katapusan para sa mga bansa! **4** At isang
espada ang darating laban sa Egipto at magkakaroon ng
pagdadalamhati sa Cush kapag babagsak sa Egipto ang mga
taong pinatay—kapag kinuha nila ang kaniyang kayamanan
at kapag gumuho ang kaniyang mga pundasyon! **5** Ang
Cush, Libya at Lidya at ang lahat ng mga dayuhan kasama
ang mga taong kabilang sa kasunduan—babagsak silang
lahat sa pamamagitan ng espada! **6** Sinasabi ito ni Yahweh:

Kaya ang sinumang tutulong sa Egipto ay babagsak, at ang
kapalaluan ng kaniyang lakas ay manghihina. Mula sa Migdal
patungo sa Sevene ang kanilang mga kawal ay babagsak sa
pamamagitan ng espada! —ito ang pahayag ng Panginoong
Yahweh! **7** Manlulumo sila sa gitna ng nilayasang mga
lupain, at ang kanilang mga lungsod ay magiging kabilang
ng lahat ng mga nasirang lungsod! **8** At malalaman nilang
ako si Yahweh, kapag susunugin ko ang Egipto, at kapag
nawasak ang lahat ng kaniyang mga katulong! **9** Sa araw
na iyon magsisilabasan ang mga mensahero mula sa
harapan ko sa mga barko upang kilabutan ang matiwasay
na Cush, at magkakaroon ng pagdadalamhati sa kanila
sa araw ng pagwakas ng Egipto. Sapagkat masdan! Ito
ay paparating! **10** Sinasabi ito ng Panginoong Yahweh:
Wawakasan ko ang karamihan sa Egipto sa pamamagitan
ng kamay ni Nebucadnezar, ang hari ng Babilonia. **11** Siya
at ang kaniyang hukbong kasama niya, ang kinatatakutan ng
mga bansa ay dadalhin upang sirain ang lupain; ilalabas
nila ang kanilang mga espada laban sa Egipto at pupunuin
ang lupain ng mga patay na tao! **12** Gagawin kong tuyong
lupa ang mga ilog, at ibebenta ko ang lupain sa kamay ng
mga masasamang tao. Pababayaan ko ang lupain at ang
kabuuan nito sa pamamagitan ng kamay ng mga banyaga!
Ako, si Yahweh, ang nagpapahayag nito! **13** Sinasabi ito ng
Panginoong Yahweh: Sisirain ko ang mga diyus-diyosan
at wawakasan ko ang mga walang silbing diyus-diyosan
ng Memfis. Wala ng magiging prinsipe sa lupain ng Egipto
at maglalagay ako ng katatakutan sa lupain ng Egipto! **14**
Pagkatapos, pababayaan ko ang Patros at susunugin ko ng
apoy ang Zoan, at magsasagawa ako ng mga kahatulan sa
Tebez. **15** Sapagkat ibubuhos ko ang aking matinding galit
sa Pelesium, ang tanggulan ng Egipto, at papatayin ang
karamihan ng Tebez. **16** Pagkatapos, susunugin ko ng apoy
ang Egipto. Magiging labis ang kahirapan ng Pelesium at
ang Tebez ay mawawasak. Araw-araw ay magkakaroon ng
mga kaaway ang Memfis! **17** Ang mga binata sa Heliopolis
at Bubastis ay babagsak sa pamamagitan ng espada at
ang kanilang mga lungsod ay mabibihag. **18** Sa Tafnes,
hindi magliliwanag ang araw na iyon kapag sisirain ko ang
pamatok ng Egipto roon at ang kapalaluan ng kaniyang
lakas ay magwawakas. Magkakaroon ng ulap na kukubkob
sa kaniya at ang kaniyang mga anak na babae ay dadaan
sa pagkakabihag. **19** Magsasagawa ako ng paghuhukom sa
Egipto, at malalaman nila na ako si Yahweh.'" **20** At nangyari
nga sa ika-labingisang taon, sa unang buwan, sa ika-pitong
araw ng buwan, na ang salita ni Yahweh ay dumating sa
akin at sinabi, **21** "Anak ng tao, binali ko ang braso ng
Paraon, ang hari ng Egipto. Masdan! Hindi ito nabendahan
at hindi makatatanggap ng gamot; walang sinuman ang
makakapaglagay ng benda nito, kaya wala itong magiging
sapat na lakas upang humawak ng espada. **22** Samakatuwid
sinasabi ito ng Panginoong Yahweh, 'Masdan ang Paraon,
ang hari ng Egipto! Sapagkat babaliin ko ang kaniyang
braso, ang malakas at ang bali na, at pababagsakin ko
ang espada mula sa kaniyang kamay. **23** Pagkatapos ay
ikakalat ko ang Egipto sa mga bansa at pagwawatak-
watakin sila sa mga lupain. **24** Palalakasin ko ang mga
braso ng hari ng Babilonia at ilalagay ko ang aking espada
sa kaniyang kamay upang maaari kong masira ang mga
braso ng Paraon. Maghihinagpis siya sa harapan ng hari
ng Babilonia tulad ng paghihinagpis ng taong mamamatay
na. **25** Sapagkat palalakasin ko ang mga braso ng hari ng
Babilonia, habang bumabagsak ang mga braso ng Paraon.
Pagkatapos, malalaman nila na ako si Yahweh, kapag
inilagay ko ang aking espada sa kamay ng hari ng Babilonia;
sapagkat kaniyang lulusubin ang lupain ng Egipto gamit ito.
**26** Kaya ikakalat ko ang Egipto sa mga bansa at pagwatak-
watakin sila sa mga lupain. At malalaman nila na ako si
Yahweh!'"

**31** At nangyari ito sa ikalabing isang taon sa unang araw
ng ikatlong buwan na ang salita ni Yahweh ay dumating
sa akin at sinabi, **2** "Anak ng tao, sabihin mo kay Faraon,
ang hari ng Egipto, at sa kaniyang mga tagapaglingkod na
nakapalibot sa kaniya, 'Sa iyong kadakilaan, sino ang katulad
mo? **3** Masdan ninyo! Ang Asiria ay isang punong sedar sa
Lebanon na may mga magagandang sanga, mayayabong
na lilim, at napakataas! At ang dulo nito ay nasa itaas ng
mga sanga. **4** Pinataas ito ng maraming tubig; pinalaki ito ng
mga malalalim na tubig. Umaagos ang mga ilog sa lahat ng
palibot nito kung saan ito nakatanim, sapagkat ang kanilang
mga lagusan ay umaabot sa lahat ng mga punongkahoy sa
parang. **5** Ang labis na taas nito ay higit sa kahit na anong
punongkahoy sa parang, at naging napakarami ang mga
sanga nito; humaba ang mga sanga nito dahil sa maraming
tubig habang lumalaki ang mga ito. **6** Pinamugaran ng lahat
ng ibon sa kalangitan ang mga sanga nito, habang ang
lahat ng nabubuhay sa parang ay nagsisilang ng kanilang
mga anak sa ilalim ng mga dahon nito. Nakatira ang lahat
ng maraming bansa sa ilalim ng lilim nito. **7** Sapagkat
ang kagandahan nito ay sa kalakihan at sa haba ng mga
sanga nito, sapagkat ang mga ugat nito ay nasa maraming
tubig! **8** Hindi ito kayang tumbasan ng mga punong sedar
sa halamanan ng Diyos! Wala sa mga punong abeto ang
makapapantay sa mga sanga nito, at walang anumang mga
punongkahoy ang makatutumbas sa mga sanga nito. Walang
punongkahoy sa halamanan ng Diyos ang makatutumbas
sa ganda nito! **9** Pinaganda ko ito sa kaniyang maraming
mga sanga; at kinaiingitan ito ng lahat ng mga punongkahoy

sa Eden na nasa halamanan ng Diyos. 10 Kaya, ito ang
sinasabi ng Panginoong Yahweh: Dahil sa napakataas nito,
at dahil sa itinaas niya ang dulo ng kaniyang punongkahoy
sa itaas ng mga sanga at itinaas niya ang kaniyang puso sa
taas na iyon— 11 kaya ibinigay ko siya sa kamay ng mga
pinaka-makapangyarihang pinuno ng mga bansa! Kumilos
ang pinunong ito laban sa kaniya at pinalayas siya dahil
sa kaniyang kasamaan! 12 Pinutol siya ng mga dayuhang
kinatatakutan ng lahat ng mga bansa at pagkatapos ay
iniwan siya. Ang mga sanga nito ay nagsihulog sa mga
bundok at sa mga lambak, at nasira ang mga sanga nito
sa lahat ng mga batis sa mundo. At lumabas ang lahat ng
mga bansa sa mundo mula sa lilim nito at iniwan siya. 13
At nagpahinga sa mga puno nito ang lahat ng mga ibon
sa mga kalangitan, at umupo sa mga sanga nito ang lahat
ng mga mababangis na hayop sa parang. 14 Nangyari
ito upang walang mga punongkahoy na sagana sa tubig
ang lalago nang ganoong kataas, upang hindi nila itaas
ang kanilang mga dulo sa itaas ng mga dahon, sapagkat
wala ng iba pang punongkahoy na nakainom ng tubig ang
muling lalago nang ganoong kataas. Sapagkat ipinasakamay
silang lahat sa kamatayan hanggang sa pinakamababang
bahagi ng mundo, sa gitna ng mga tao ng sangkatauhan
na bumaba sa hukay. 15 Ito ang sinasabi ng Panginoong
Yahweh: Sa araw na bumaba siya sa sheol, nagdala ako
ng pagtangis sa mundo. Tinakpan ko ang mga malalalim
na tubig dahil sa kaniya, at pinigilan ko ang mga tubig sa
karagatan. Ipinagkait ko ang mga malalawak na tubig at
nagdala ako ng pagtangis sa Lebanon para sa kaniya! Kaya
ang lahat ng mga punongkahoy sa parang ay tumangis sa
kaniya. **(Sheol h7585)** 16 Nagdala ako ng panginginig sa mga
bansa sa ugong ng kaniyang pagbagsak, nang itinapon
ko siya sa sheol kasama ng mga bumaba sa hukay! At
napanatag ko ang lahat ng mga punongkahoy ng Eden
sa mga pinakamababang bahagi ng mundo! Ito ang mga
pinakapili at pinakamagandang punongkahoy ng Lebanon,
ang mga puno na nagsiinom ng mga tubig! **(Sheol h7585)** 17
Sapagkat bumaba din silang kasama niya sa sheol, silang
mga pinatay sa pamamagitan ng mga espada! Ito ang mga
malalakas niyang braso, ang mga bansa na nanirahan sa
kaniyang lilim. **(Sheol h7585)** 18 Alin sa mga punongkahoy sa
Eden ang papantay sa iyong kaluwalhatian at kadakilaan?
Sapagkat dadalhin ka pababa kasama ng mga punongkahoy
ng Eden sa mga pinakamababang bahagi ng mundo kasama
ng mga taong hindi tuli; mamumuhay ka kasama ng mga
taong pinatay sa pamamagitan ng espada! Ito ay si Faraon
at ang lahat ng kaniyang mga tagapaglingkod! —ito ang
pahayag ng Panginoong Yahweh!"'

**32** At nangyari ito sa unang araw ng ikalabindalawang
buwan ng ikalabindalawang taon, na ang salita ni
Yahweh ay dumating sa akin at sinabi. 2 "Anak ng tao,
managhoy ka tungkol kay Faraon, ang hari ng Egipto; sabihin
mo sa kaniya, 'Para kang isang batang leon sa gitna ng
mga bansa, parang isang dambuhala sa mga karagatan;
pinalalabo mo ang tubig, pinapagalaw mo ang mga tubig
sa pamamagitan ng iyong mga paa at pinapaputik mo ang
kanilang mga tubig! 3 Ito ang sinasabi ng Panginoong
Yahweh: Kaya ilaladlad ko sa iyo ang aking lambat sa
kapulungan ng maraming tao, at iaahon ka nila sa aking
lambat! 4 Pababayaan kita sa lupain! Ihahagis kita sa isang
parang at padadapuin ko sa iyo ang lahat ng mga ibon sa
kalangitan; ang pagka-gutom ng lahat ng mga nabubuhay
na mga hayop sa lupa ay mabubusog sa iyo. 5 Sapagkat
ilalagay ko ang iyong mga laman sa mga kabundukan
at pupunuin ko ang mga lambak ng mga inuuod mong
bangkay! 6 Pagkatapos ibubuhos ko ang iyong dugo sa
mga kabundukan at mapupuno ang mga sapa ng iyong
dugo! 7 At kapag patayin ko ang iyong ilawan, tatakpan
ko ang kalangitan at padidilimin ko ang mga bituin nito.
Tatakpan ko ang araw sa pamamagitan ng mga ulap, at hindi
magliliwanag ang buwan! 8 padidilimin ko sa iyo ang lahat
ng maningning na liwanag sa kalangitan at ilalagay ko ang
kadiliman sa iyong lupain! Ito ang pahayag ng Panginoong
Yahweh. 9 Kaya sisindakin ko ang puso ng maraming tao sa
mga lupain na hindi mo nakikilala, kapag dadalhin ko ang
iyong pagkabagsak sa mga bansa. 10 Gugulatin ko ang
maraming mga tao tungkol sa iyo; ang kanilang mga hari ay
mangangatog sa takot tungkol sa iyo kapag aking ikakampay
ang aking espada sa kanilang harapan. Bawat sandali,
manginginig ang bawat isa dahil sa iyo, sa araw ng iyong
pagkabagsak. 11 Sapagkat ito ang sinasabi ng Panginoong
Yahweh: Ang espada ng hari ng Babilonia ay darating laban
sa iyo! 12 Pababagsakin ko ang iyong mga tagapaglingkod sa
pamamagitan ng mga espada ng mga mandirigma—kakila-
kilabot sa mga bansa ang bawat mandirigma! Ganap na
sisirain ng mga mandirigmang ito ang kaluwalhatian ng
Egipto at ang lahat ng mga tao nito! 13 Sapagkat wawasakin
ko ang lahat ng mga alagang hayop mula sa tabi ng mga
saganang tubig; hindi na kailanman pagagalawin ng paa ng
tao ang mga tubig, o kaya pagagalawin ng mga ito sa kuko
ng baka! 14 Pagkatapos pakakalmahin ko ang kanilang mga
tubig at padadaluyin ko ang kanilang mga ilog na parang
langis. Ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh! 15 Kapag
gagawin ko ang lupain ng Egipto—ang lupaing puno— isang
lugar ng pagkawasak, isang lugar na pinabayaan; kapag
sasalakayin ko ang lahat na naninirahan dito, saka nila
malalaman na ako si Yahweh! 16 Magkakaroon ng isang

panaghoy! Sapagkat mananaghoy sa kaniya ang mga anak
na babae ng mga bansa; mananaghoy sila para sa Egipto.
Mananaghoy sila para sa lahat ng mga tagapaglingkod nito!
Ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh!'" **17** At nangyari ito
sa ikalabindalawang taon, sa ikalabinlimang araw ng buwan,
na ang salita ni Yahweh ay dumating sa akin at sinabi, **18**
“Anak ng tao, tumangis ka para sa mga tagapaglingkod ng
Egipto at ihagis mo sila pababa, siya at ang mga anak na
babae ng maharlikang mga bansa—sa pinakamababang
bahagi ng lupa kasama ang mga bumaba na sa hukay! **19**
Tanungin mo sila, 'Talaga bang mas maganda kayo kaysa
sa sinuman? Bumaba kayo at humiga kasama ang mga
hindi tuli!' **20** Babagsak sila sa gitna ng mga pinatay sa
pamamagitan ng espada! Ibinigay ang Egipto sa espada;
sasakupin siya ng kaniyang mga kaaway at ang kaniyang
mga tagapaglingkod! **21** Ang pinakamalakas na mandirigma
sa sheol ay magpapahayag tungkol sa Egipto at sa kaniyang
mga kaanib, 'Bumababa na sila rito! Hihiga sila kasama ang
mga hindi tuli na namatay sa pamamagitan ng espada!' **(Sheol
h7585)** **22** Naroon ang Asiria kasama ang lahat ng kaniyang
kapulungan! Nakapalibot ang kanilang mga libingan sa
kaniya; lahat sila ay pinatay sa pamamagitan ng espada. **23**
Sa mga libingan na nakatalaga sa pinakamalalim na hukay
ay nandoon, kasama ang lahat ng kaniyang kapulungan.
Nakapalibot sa kaniyang libingan ang lahat ng pinatay, at
bumagsak sa pamamagitan ng espada, Sa mga nagdala
ng kakila-kilabot sa lupain ng mga buhay! **24** Naroon si
Elam kasama ang lahat ng kaniyang mga tagapaglingkod!
Nakapalibot sa kaniya ang kaniyang mga libingan; lahat
sila ay pinatay! Sa mga bumagsak sa pamamagitan ng
espada, sa mga hindi tuli na bumaba sa pinakamababang
bahagi ng lupa, na siyang nagdala ng kanilang kakila-
kilabot/matinding takot sa lupain ng buhay at ngayon ay dala-
dala nila ang kanilang kahihiyan, sila ay pababa sa hukay!
**25** Naglatag sila ng isang nirolyong/binilot na higaan para
kay Elam at lahat niyang mga lingkod sa gitna/kalagitnaan
ng mga pinatay; Nakapalibot sa kaniya ang kaniyang mga
libingan! Silang lahat ay mga hindi tuli, silang mga pinatay
sa pamamagitan ng espada, sila na nagdala ng kanilang
mga kakila-kilabot sa lupain ng mga buhay! Kaya dala-dala
nila ang kanilang sariling kahihiyan na nasa kanila, kasama
ang mga bumababa sa hukay sa gitna ng mga pinatay,
iyong mga pababa sa hukay. Si Elam ay nasa gitna ng lahat
ng mga pinatay. **26** Sina Mesech, Tubal at ang lahat ng
kaniyang mga tagapaglingkod ay naroon! Ang kanilang mga
libingan ay nakapalibot sa kanila! Lahat sila ay hindi tuli, na
pinatay sa pamamagitan ng espada, dahil dinala nila ang
kanilang mga kakila-kilabot sa lupain ng buhay. **27** Hindi
ba sila hihiga kasama ng mga bumagsak na mandirigma
na hindi tuli na bumaba sa sheol dala-dala ang lahat ng
kanilang mga sandata sa pakikipagdigma, at ang kanilang
mga espada na nakalagay sa ilalim ng kanilang mga ulo?
Ang kanilang mga kalasag ay nakalagay sa ibabaw ng
kanilang mga buto. Sapagkat sila ang mga mandirigmang
kakila-kilabot sa lupain ng mga buhay! **(Sheol h7585)** **28** Kaya
ikaw, Egipto ay mawawasak sa gitna ng mga hindi tuli! At
ikaw ay hihiga kasama ng mga pinatay sa pamamagitan ng
espada! **29** Ang Edom ay naroon kasama ang kaniyang mga
hari at lahat ng kaniyang mga pinuno. Makapangyarihan
sila, ngunit nakahiga sila ngayon kasama ang mga pinatay
sa pamamagitan ng espada, kasama ang hindi tuli, sila
na bumaba na sa hukay. **30** Ang mga prinsipe ng hilaga
ay naroon—silang lahat at lahat ng mga taga-Sidon na
bumaba kasama ang mga patay! Makapangyarihan sila
at nagagawang takutin ang iba, ngunit ngayon nakahiga
sila roon na kahiyahiya, sa mga hindi tuli kasama ang
mga pinatay sa pamamagitan ng espada. Dala-dala nila
ang kanilang sariling kahihiyan, kasama ang mga iba pang
bumababa sa hukay. **31** Makikita ng Faraon at mapapanatag
tungkol sa lahat ng kaniyang mga tagapaglingkod na pinatay
sa pamamagitan ng espada. Ito ang pahayag ng Panginoong
Yahweh. **32** Pinahintulutan ko siyang gumawa ng kakila-
kilabot sa lupain ng buhay, ngunit hihiga siya sa gitna ng
mga hindi tuli, kasama ang mga pinatay sa pamamagitan ng
espada. Ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh!”

**33** dumating ang salita ni Yahweh sa akin at sinabi, **2**
“Anak ng tao, ipahayag mo ito sa iyong mga tao;
sabihin mo sa kanila, 'Kapag magdadala ako ng isang
espada laban sa anumang lupain, at ang mga tao sa lupaing
iyon ay kukuha ng isang lalaki mula sa kanila at gagawin
siyang isang tagapagbantay para sa kanila. **3** Titingnan niya
kung may paparating na espada sa lupain, at hihipan niya
ang kaniyang trumpeta upang bigyan ng babala ang mga
tao! **4** Kung marinig ito ng mga tao at hindi nila binigyang
pansin, at kung dumating ang espada at pinatay silang lahat,
at ang dugo ng bawat isa ay nasa sarili na nitong ulo. **5** Kung
sinumang makarinig sa tunog ng trumpeta ngunit hindi niya
binigyang pansin, ang kaniyang dugo ay nasa sa kaniya;
ngunit kung binigyan niya ng pansin, maililigtas niya ang
sariling buhay. **6** Gayunman, kung makita ng tagapagbantay
na paparating ang espada, ngunit hindi niya hinipan ang
trumpeta, ang kahihinatnan nito ay hindi nabigyang babala
ang mga tao, at kung dumating ang espada at kukunin ang
buhay ng sinuman, kung gayon, namatay ang taong iyon
sa kaniyang sariling kasalanan, ngunit hahanapin ko ang
kaniyang dugo mula sa tagapagbantay.' **7** Ngayon ikaw
mismo, anak ng tao! Ginawa kitang isang tagapagbantay sa
buong sambahayan ng Israel; mapapakinggan mo ang mga

salita mula sa aking bibig at balaan mo sila sa halip na ako.
**8** Kung sasabihin ko sa isang masamang tao, 'Masamang
tao, ikaw ay tiyak na mamamatay!' ngunit kung hindi mo ito
ipinahayag para bigyang babala ang masama tungkol sa
kaniyang pamamaraan at siyang masama ay mamamatay
sa kaniyang kasalanan, ngunit hahanapin ko ang kaniyang
dugo mula sa iyong kamay! **9** Ngunit ikaw, kung binalaan
mo ang masama tungkol sa kaniyang pamamaraan, para sa
ganoon ay matalikuran niya ito, at kung hindi niya tatalikuran
ang kaniyang pamamaraan, mamamatay siya sa kaniyang
kasalanan, ngunit maliligtas mo ang iyong sariling buhay.
**10** Kaya ikaw, anak ng tao, sabihin mo sa sambahayan ng
Israel, 'Sinasabi ninyo ito: Ang aming pagsuway at ang
aming mga kasalanan ay nasa amin, at nabubulok kami dahil
dito! Paano kami mabubuhay?' **11** Sabihin mo sa kanila,
'Buhay ako—ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh—.
Hindi ko ikinagagalak ang kamatayan ng masama, sapagkat
kung pagsisisihan ng masama ang kaniyang pamamaraan,
kung gayon mabubuhay siya! Magsisi kayo! Magsisi kayo
mula sa mga masasama ninyong pamamaraan! Sapagkat
bakit ninyo kailangang mamatay, sambahayan ng Israel?'
**12** At ikaw, anak ng tao, sabihin mo sa iyong mga tao,
'Ang pagkamatuwid ng isang matuwid na tao ay hindi
makapagliligtas sa kaniya kung magkakasala siya! At ang
kasamaan ng masamang tao ay hindi magdudulot sa
kaniya ng kamatayan kung pagsisisihan niya ang kaniyang
kasalanan. Sapagkat ang taong matuwid ay hindi mabubuhay
dahil sa kaniyang pagkamatuwid kung siya ay magkakasala.
**13** Kung sasabihin ko sa matuwid na "Tiyak na mabubuhay
siya!" at kung magtitiwala siya sa sarili niyang pagkamatuwid
at pagkatapos makagawa siya ng hindi makatarungan, hindi
ko na iisipin pa ang anumang kaniyang pagkamatuwid,
mamamatay siya sa kasamaan na kaniyang nagawa. **14** At
kung sasabihin ko sa masama, "siguradong mamamatay
ka!" ngunit kung pagsisisihan niya ang kaniyang mga
kasalanan at gagawin kung ano ang makatarungan at
tama— **15** kung isasauli niya ang garantiya ng sangla na
sapilitang hiningi niya, o kung isasauli niya kung ano ang
kaniyang ninakaw, at lalakad sa mga alituntunin ng batas na
nagbibigay buhay at hindi na kailanman gagawa ng anumang
kasalanan, tiyak na mabubuhay siya at hindi mamamatay.
**16** Wala na sa kaniyang mga nagawang kasalanan ang aking
iisipin para sa kaniya. Kumilos siya ng makatarungan at
makatuwiran, kaya siguradong mabubuhay siya! **17** Ngunit
sinasabi ng iyong mga tao, "Hindi patas ang kaparaanan
ng Panginoon!" ngunit ang inyong mga kaparaanan ang
hindi patas! **18** Kapag tinalikuran ng isang matuwid na tao
ang kaniyang pagkamatuwid at gagawa ng kasalanan, kung
gayon mamamatay siya dahil dito! **19** At kapag ang masama
ay tumalikod sa kaniyang mga kasamaan at gawin ang
makatarungan at matuwid, mabubuhay siya dahil sa mga
bagay na iyon! **20** Ngunit sinasabi ninyong mga tao, "Hindi
patas ang kaparaanan ni Yahweh" Hahatulan ko ang bawat
isa sa inyo ayon sa kaniyang kaparaanan, sambahayan
ng Israel. **21** Nangyari ito sa ikalabindalawang taon, sa
ikalimang araw sa ikasampung buwan ng ating pagkabihag,
isang pugante ang dumating sa akin mula sa Jerusalem
at sinabi, "Nabihag na ang lungsod!" **22** Nasa akin na ang
kamay ni Yahweh sa gabi bago dumating ang pugante, at
nabuksan ang aking bibig sa pagkakataon na dumating siya
sa akin ng madaling araw. Kaya nabuksan ang aking bibig at
nakakapagsalita na ako/hindi na ako pipi! **23** At dumating
ang salita ni Yahweh sa akin at sinabi, **24** "Anak ng tao,
nagsasalita at nagsasabi ang mga naninirahan sa lugar ng
pagkawasak sa lupain ng Israel ay nagsasalita at sinasabi,
'Nag-iisang tao lamang si Abraham, at minana niya ang
lupain, ngunit marami tayo! Ang lupain ay ibinigay na sa atin
bilang isang ari-arian.' **25** Kaya nga sabihin mo sa kanila,
'Ito ang sinasabi ng Panginoong Yahweh: Kumain kayo ng
dugo at ibinaling ninyo ang inyong mga mata sa inyong
mga diyus-diyosan at ibinuhos ninyo ang dugo ng mga tao.
Dapat ba ninyong ariin ang lupain? **26** Nagtiwala kayo sa
inyong mga espada at gumawa ng kasuklam-suklam na mga
bagay. Dinudungisan ng bawat lalaki ang asawang babae
ng kanilang kapwa. Dapat ba ninyong ariin ang lupain?'
**27** Maaari mong sabihin ito sa kanila, 'Ito ang sinasabi ng
Panginoong Yahweh: Habang buhay ako, siguradong ang
mga nasa wasak na lungsod ay babagsak sa pamamagitan
ng espada at ibibigay ko ang mga nasa parang sa mga
nilalang na nabubuhay bilang pagkain at sa mga nasa
tanggulan at mga kuweba ay mamamatay sa mga salot. **28**
At gagawin kong isang malagim at isang katakot-takot ang
lupain at matatapos ang pagmamataas nito, At magiging
napabayaan ang mga kabundukan ng Israel, at walang
sinuman ang dadaan sa mga ito. **29** Kaya malalaman nila na
ako si Yahweh, kapag gagawin kong isang malagim ang
lupain at katakot-takot dahil sa lahat ng mga kasuklam-
suklam na mga bagay na kanilang ginawa. **30** At ikaw, anak
ng tao—nagsasabi ang iyong mga tao ng mga bagay tungkol
sa iyo sa tabi ng mga pader at sa mga tarangkahan ng
mga tahanan, at nagsasabi ang isa—sa bawat lalaki sa
kapatid niyang lalaki, 'Pumaroon tayo at makinig sa salita
ng propeta na mula kay Yahweh!' **31** Kaya pupunta ang
aking mga tao sa iyo gaya ng madalas nilang ginagawa, at
uupo sa iyong harapan at makikinig sa iyong mga salita,
ngunit hindi nila ito susundin. Nasa kanilang mga bibig
ang mga mabubuting salita ngunit sa kanilang mga puso,
naghahangad sila ng hindi makatarungang pakinabang.

32 Sapagkat ikaw ay parang isang kaibig-ibig na awitin sa
kanila, isang magandang tunog na maayos na tinutugtog
sa isang instrumentong may kuwerdas, kaya makikinig sila
sa iyong mga salita ngunit wala sa kanila ang susunod
nito. 33 Kaya kapag mangyayari ang lahat ng ito—masdan!
mangyayari ito! at malalaman nila na may isang propeta na
kasama nila."

**34** At ang salita ni Yahweh ay dumating sa akin at sinabi,
2 "Anak ng tao, magpahayag ka laban sa mga pastol ng
Israel! Magpahayag ka at sabihin sa kanila, 'Ito ang sinasabi
ng Panginoong Yahweh sa mga pastol. Sa Aba ng mga pastol
ng Israel na ipinapastol ang kanilang mga sarili! Hindi ba ang
mga pastol dapat ang magbabantay sa kawan? 3 Kinakain
ninyo ang mga matatabang bahagi at nakadamit kayo ng
lana! Kinatay ninyo ang mga pinatabang kawan! Hindi talaga
kayo nagpapastol. 4 Hindi ninyo pinalakas ang mga may
sakit, at hindi ninyo pinagaling ang mga may karamdaman.
Hindi ninyo binendahan ang mga may pilay, at hindi ninyo
pinanumbalik ang mga naitaboy o hinanap ang nawawala.
Sa halip, pinamunuan ninyo sila sa pamamagitan ng lakas
at karahasan. 5 At nangagkalat sila na walang pastol, at
sila ay naging pagkain para sa lahat ng mga mababangis
na hayop na nabubuhay sa mga parang, pagkatapos na
sila ay nangagkalat. 6 Ang aking kawan ay nagkalat sa
lahat ng mga kabundukan at sa bawat mataas na burol, at
nagkawatak-watak ang mga ito sa ibabaw ng buong mundo.
Ngunit wala kahit isa ang naghahanap sa kanila. 7 Kaya
nga, mga pastol, pakinggan ang pahayag ni Yahweh: 8 Dahil
buhay ako—ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh—dahil
ang aking kawan ay tinangay at naging pagkain ng lahat ng
mga mababangis na hayop sa mga parang (dahil walang
pastol at wala sa aking mga pastol ang humanap sa aking
kawan, ngunit binantayan ng mga pastol ang kanilang mga
sarili at hindi ang aking kawan ang ipinastol)— 9 Kaya nga,
mga pastol, pakinggan ang pahayag ni Yahweh: 10 Ito ang
sinasabi ng Panginoong Yahweh, Masdan ninyo! Ako ay
laban sa mga pastol, at kukunin ko ang aking kawan mula
sa kanilang kamay. At paaalisin ko sila sa pagpapastol ng
kawan; Ni maging ang mga pastol ay hindi na magpapastol
sa kanilang sarili yamang kukunin ko ang aking kawan mula
sa kanilang mga bibig, upang ang aking mga kawan ay hindi
na magiging pagkain para sa kanila. 11 Sapagkat ito ang
sinasabi ng Panginoong Yahweh: Masdan ninyo! Ako mismo
ang hahanap sa aking kawan at ako ang mag-aalaga sa
kanila, 12 tulad ng isang pastol na hinahanap ang kaniyang
kawan sa araw na siya ay nasa kalagitnaan ng kaniyang
nangagkalat na kawan. Ganoon ko hahanapin ang aking
kawan, at sasagipin ko sila mula sa lahat ng mga lugar
kung saan sila nangagkalat sa araw ng mga kaulapan at
kadiliman. 13 At ilalabas ko sila mula sa mga tao; Titipunin
ko sila mula sa mga lupain at dadalhin sila sa inyong
lupain. Ilalagay ko sila sa mga pastulan sa mga bahagi ng
kabundukan ng Israel, sa tabi ng mga bukal, at sa bawat
pamayanan sa lupain. 14 Ilalagay ko sila sa magandang mga
pastulan; ang mataas na kabundukan ng Israel ang magiging
lugar na kanilang panginginainan. Hihiga sila roon sa mga
magagandang lugar na panginainan, sa masasaganang mga
pastulan, at sila ay manginginain sa mga kabundukan ng
Israel. 15 Ako mismo ang magpapastol sa aking kawan, at
ako mismo ang magpapahiga sa kanila—ito ang pahayag ng
Panginoong Yahweh— 16 Hahanapin ko ang mga nawawala
at panunumbalikin ang mga naitaboy; Bebendahan ko ang
napilay na tupa at pagagalingin ang may sakit na tupa. At
aking lilipulin ang mga pinataba at malalakas! Magpapastol
ako nang may katarungan! 17 At kayo, aking kawan—ito
ang sinasabi ng Panginoong Yahweh— masdan ninyo! Ako
ang magiging hukom sa mga tupa, sa mga lalaking tupa, at
sa mga kambing! 18 Maliit na bagay ba ang maipastol sa
magandang pastulan, kaya ninanais rin ninyong tapakan
ng inyong mga paa kung ano ang natira sa pastulan? O
maliit na bagay ba ang makainom mula sa mga malinaw na
tubig, na kailangang gawin ninyong maputik ang mga ilog sa
pamamagitan ng inyong mga paa? 19 Ngunit ang aking mga
tupa ay ipinapastol ngayon kung saan tinapakan ng inyong
mga paa; sila ngayon ay umiinom sa mga tubig na ginawa
ninyong maputik gamit ang inyong mga paa! 20 Kaya ito
ang sinasabi ng Panginoong Yahweh sa kanila: Masdan
ninyo! Ako mismo ang hahatol sa pagitan ng matabang
tupa at sa mapapayat, 21 sapagkat tinulak ninyo sila gamit
ang inyong mga tagiliran at mga balikat, at sinuwag ninyo
ang lahat ng mga mahihina gamit ang inyong mga sungay
hanggang sa naikalat ninyo sila palayo mula sa lupain! 22
Kaya ililigtas ko ang aking kawan; hindi na sila maitatangay.
At ako ang hahatol sa mga tupa! 23 Hihirang ako ng isang
pastol sa kanila, at siya ang magpapastol sa kanila— ang
aking lingkod na si David! Siya ang magpapastol sa kanila;
siya ang magiging pastol sa kanila! 24 Sapagkat akong si
Yahweh ang magiging Diyos nila, at ang aking lingkod na si
David ang magiging tagapamuno sa kanilang kalagitnaan—
Akong si Yahweh, ang nagpahayag nito! 25 At gagawa
ako ng isang tipan ng kapayapaan sa kanila at aalisin ang
mga masasama at mababangis na hayop mula sa lupain,
kaya ang aking tupa ay mamumuhay ng ligtas sa ilang
at matutulog sa mga kagubatan. 26 Magdadala rin ako
ng mga pagpapala sa kanila at ang aking nakapalibot na
mga burol, sapagkat magpapadala ako ng mga ambon sa
takdang panahon. Ito ay mga ambon ng pagpapala! 27
At ang mga punongkahoy sa bukirin ay mamumunga, at

ang lupa ang siyang mag-aani sa mga bunga nito. Ang
aking tupa ay magiging matiwasay sa kanilang lupain; at
malalaman nila na ako si Yahweh, kapag pinutol ko ang
mga kabilya ng kanilang pamatok, at kapag sinagip ko sila
mula sa kamay ng mga umalipin sa kanila. **28** Hindi na sila
madadambong pa ng mga bansa, at hindi na sila lalamunin
ng mga mababangis na hayop sa lupa! Sapagkat sila ay
mamumuhay nang matiwasay, at hindi na sila matatakot. **29**
Sapagkat lilikha ako ng mapayapang lugar na taniman para
sa kanila kaya hindi na sila mamamatay sa gutom sa lupain,
at hindi na sila lalaitin pa ng mga bansa. **30** At malalaman
nila na akong si Yahweh na kanilang Diyos ay kasama nila.
Sila ay aking mga tao, ang sambahayan ng Israel— ito ang
pahayag ng Panginoong Yahweh. **31** Sapagkat kayo ay
aking tupa, ang kawan ng aking pastulan, at aking mga
tao! Ako ang magiging Diyos ninyo—ito ang pahayag ng
Panginoong Yahweh."

**35** At dumating sa akin ang salita ni Yahweh at sinabi,
**2** "Anak ng tao, iharap mo ang iyong mukha sa Bundok
ng Seir at magpahayag(magpropesiya) ka laban dito. **3**
Sabihin mo rito, 'Ito ang sinasabi ng Panginoong Yahweh:
Pagmasdan mo! Ako ay laban sa iyo, Bundok ng Seir,
at hahampasin kita sa pamamagitan ng aking kamay at
gagawin kitang isang mapanglaw at isang katatakutan."
**4** Wawasakin ko ang iyong mga lungsod, at ikaw mismo
ay magiging mapanglaw; at malalaman mong Ako si
Yahweh. **5** Dahil napopoot ka lagi sa mga Israelita, at dahil
ibinuhos mo sila sa mga kamay ng espada sa panahon
ng kanilang paghihirap, sa panahon na nasa sukdulan sila
ng kaparusahan, **6** samakatwid dahil Ako ay buhay, ito
ang pahayag ng Panginoong Yahweh, ihahanda kita para
sa pagdanak ng dugo, at hahabulin ka ng pagdanak ng
dugo! Yamang hindi mo kinamuhian ang pagdanak ng dugo,
susundan ka ng pagdanak ng dugo. **7** Gagawin kong isang
mapanglaw ang Bundok ng Seir, isang mapanglaw kapag
papatayin ko mula rito ang sinumang dumadaan at muling
bumabalik. **8** At pupunuin ko ang mga bundok nito ng mga
patay. Ang iyong matataas na mga burol at mga kapatagan,
at lahat ng iyong batis, mahuhulog sa mga ito ang mga
napatay sa pamamagitan ng espada. **9** Gagawin kitang
mapanglaw habang-buhay. Hindi na matitirhan ang iyong
mga lungsod, ngunit malalaman mong Ako si Yahweh. **10**
Iyong sinabi, "Itong dalawang bansa at itong dalawang lupain
ay magiging akin, at aangkinin namin ang mga ito," nang
kasama nila si Yahweh. **11** Kaya, dahil ako ay buhay—ito
ang pahayag ng Panginoong Yahweh—Kaya gagawin ko
ayon sa iyong galit at ayon sa iyong paninibughong nasa
iyong pagkapoot sa Israel, at ipapakilala ko ang aking sarili
sa kanila kapag hinatulan na kita. **12** Kaya malalaman mong
Ako si Yahweh! Narinig ko lahat ang iyong pang-aalipusta
nang magsalita ka laban sa mga kabundukan ng Israel
at sinabi, "Sila ay mapanglaw! Ibinigay sila sa atin upang
lamunin." **13** Narinig kita nang magmalaki ka laban sa akin
sa pamamagitan ng iyong bibig; nagsalita ka ng maraming
bagay laban sa akin. Narinig ko ang mga ito. **14** Ito ang
sinasabi ng Panginoong Yahweh: Gagawin kitang isang
mapanglaw, habang nagagalak ang buong mundo. **15** Kung
gaano ka nagalak sa buong mana ng mga Israelita dahil sa
pagkawasak nito, ganito rin ang gagawin ko sa iyo. Ikaw ay
magiging mapanglaw, Bundok ng Seir, at buong Edom, lahat
ng ito! At malalaman nilang Ako si Yahweh!'"

**36** Ngayon, ikaw anak ng tao, magpahayag ka sa mga
kabundukan ng Israel at sabihin, 'Mga kabundukan
ng Israel, makinig kayo sa salita ni Yahweh! **2** Ito ang
sinasabi ng Panginoong Yahweh: Sinabi ng kaaway tungkol
sa iyo, "Aha!" at "Ang mga sinaunang matataas na lugar
ay naging pag-aari namin." **3** Kaya magpahayag ka at
sabihin, ' Ito ang sinasabi ng Panginoong Yahweh: Dahil
sa inyong kapanglawan at dahil sa mga pagsalakay na
dumating sa inyo mula sa lahat ng dako, kayo ay naging
pag-aari ng ibang mga bansa; kayo ay naging paksa ng mga
mapanirang-labi at mga dila, at ng kuwentuhan ng mga tao.
**4** Kaya nga, mga kabundukan ng Israel, makinig sa salita
ng Panginoong Yahweh: Ito ang sinasabi ng Panginoong
Yahweh sa mga kabundukan at sa matataas na mga burol,
sa mga daanan ng tubig at mga lambak, sa mga walang
nakatira at mapanglaw na lugar at sa napabayaang mga
lungsod na sinamsam at isang paksa ng panunukso para
sa ibang mga bansa na nakapalibot sa kanila— **5** kaya
ito ang sinasabi ng Panginoong Yahweh: Ako ay tiyak na
nagsasalita sa alab ng aking poot laban sa ibang mga
bansa, laban sa Edom at sa lahat ng mga umangkin sa
aking lupain bilang pag-aari para sa kanilang mga sarili,
laban sa lahat nang may galak sa kanilang mga puso
at may panghahamak sa kanilang mga espiritu, habang
sinasakop nila ang aking lupain na baka sakaling maangkin
nila ang pastulan nito para sa kanilang mga sarili.' **6** Kaya,
magpahayag ka sa mga lupain ng Israel at sabihin sa mga
kabundukan at sa matataas na mga burol, sa mga daanan
ng tubig at sa mga lambak, 'ito ang sinasabi ng Panginoong
Yahweh: Pagmasdan ninyo! Sa aking poot at sa aking galit,
aking ipinahahayag ito dahil taglay ninyo ang pang-aalipusta
ng mga bansa. **7** Kaya, ito ang sinasabi ng Panginoong
Yahweh: Ako mismo ang magtataas ng aking kamay upang
manumpa na ang mga bansa na nakapalibot sa iyo ay tiyak
na dadalhin nila ang sarili nilang kahihiyan. **8** Ngunit kayo,
mga kabundukan ng Israel, magpapalago kayo mga sanga
at mamumunga para sa aking mga taong Israelita, yamang

malapit na silang bumalik sa iyo. 9 Sapagkat masdan ninyo,
Ako ay para sa inyo, at pakikitunguhan ko kayo nang may
kagandahang-loob; aararuhin kayo at tataniman ng binhi. 10
Kaya magpaparami ako sa inyo mga tao ng kabundukan sa
lahat ng sambahayan ng Israel. Lahat! At ang mga lungsod
ay titirahan at itatayong muli ang lugar ng pagkasira. 11
Pararamihin ko ang tao at ang mababangis na hayop sa inyo
mga kabundukan upang sila ay dumami at maging mabunga.
At pananahanan kita gaya nang dati mong kalagayan, at
gagawin kitang mas masagana kaysa sa iyong nakalipas,
sapagkat malalaman mo na Ako si Yahweh. 12 Magdadala
ako ng mga tao, aking taong Israel, upang lumakad sa
ibabaw mo. Aangkinin ka nila, at ikaw ang magiging mana
nila, hindi ka na magiging dahilan ng pagkamatay ng kanilang
mga anak. 13 Ito ang sinasabi ng Panginoong Yahweh:
Dahil sinasabi nila sa inyo, “Nilamon ninyo ang mga tao, at
ang mga anak ng inyong bansa ay nangamatay,” 14 kaya
hindi na ninyo muling uubusin ang mga tao, at hindi na
ninyo pagdadalamhatiing muli ang inyong bansa sa kanilang
kamatayan. Ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh. 15
At hindi ko na hahayaang marinig ninyo ang mga pang-
aalipusta ng mga bansa; hindi na ninyo kailangang tiisin pa
ang kahihiyan ng mga tao o magdulot sa inyong bansa ng
pagbagsak—ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh.” 16 At
ang salita ni Yahweh ay dumating sa akin at sinabi, 17 “Anak
ng tao, kapag ang sambahayan ng Israel ay nanirahan
sa kanilang lupain, dinungisan nila ito ng kanilang mga
kaparaanan at ng kanilang mga gawa. Ang kanilang mga
kaparaanan ay gaya ng maruming regla ng isang babae
sa aking harapan. 18 Kaya ibinuhos ko ang aking poot
laban sa kanila para sa dugo na pinadanak nila sa lupain
at para sa kanilang pagdungis rito sa pamamagitan ng
kanilang mga diyus-diyosan. 19 Ikinalat ko sila sa mga
bansa; nagkahiwa-hiwalay sila sa mga lupain. Hinatulan ko
sila ayon sa kanilang mga kaparaanan at sa kanilang mga
gawa. 20 Pagkatapos sila ay pumunta sa mga bansa, at
saanman sila pumunta, nilalapastangan nila ang aking banal
na pangalan nang sabihin ng mga tao sa kanila, Mga tao ba
talaga ito ni Yahweh? Sapagkat itinapon sila palabas sa
kaniyang lupain.' 21 Ngunit mayroon akong kahabagan para
sa aking banal na pangalan na dinungisan ng sambahayan
ng Israel sa ang mga bansa, nang pumunta sila doon. 22
Kaya sabihin sa sambahayan ng Israel, 'Ito ang sinasabi
ng Panginoong Yahweh: Hindi ko ito ginagawa para sa
inyong kapakanan, sambahayan ng Israel, ngunit para sa
aking banal na pangalan, kung saan nilapastangan ninyo sa
mga bansa sa lahat ng dako na inyong pinanggalingan. 23
Sapagkat gagawin kong banal ang aking dakilang pangalan,
na nilapastangan ninyo sa mga bansa—sa gitna ng mga
bansa, ito ay nilapastangan ninyo. At malalaman ng mga
bansa na ako si Yahweh— ito ang pahayag ng Panginoong
Yahweh—kapag nakita ninyo na ako ay banal. 24 Kukunin
ko kayo mula sa mga bansa at titipunin ko kayo mula sa
bawat lupain, at dadalhin ko kayo sa inyong lupain. 25
Pagkatapos ay wiwisikan ko kayo ng dalisay na tubig upang
maging dalisay kayo mula sa lahat ng inyong karumihan. At
dadalisayin ko kayo mula sa lahat ng inyong mga diyus-
diyosan. 26 Bibigyan ko kayo ng isang bagong puso at isang
bagong espiritu sa mga kaloob-loobang bahagi ninyo, at
aalisin ko ang pusong bato mula sa inyong laman. Sapagkat
bibigyan ko kayo ng isang pusong laman. 27 Ilalagay ko
ang aking Espiritu sa inyo at palalakarin ko kayo sa aking
mga kautusan at inyong iingatan ang aking mga utos, upang
magawa ninyo ang mga ito. 28 At titirahan ninyo ang lupain
na ibinigay ko sa inyong mga ninuno; kayo ay magiging mga
tao ko, at ako ang magiging Diyos ninyo. 29 Sapagkat ililigtas
ko kayo mula sa lahat ninyong karumihan. Ipatatawag ko ang
butil at pararamihin ito. Hindi na ako maglalagay ng taggutom
sa inyo. 30 Pararamihin ko ang bunga ng punongkahoy
at ang ani ng bukirin upang hindi na ninyo mararanasan
ang kahihiyan ng taggutom sa mga bansa. 31 At maiisip
ninyo ang inyong masasamang mga kaparaanan at ang
mga gawa ninyong hindi mabuti, at kamumuhian ninyo ang
inyong mga sarili dahil sa inyong mga sariling kasalanan at
ang kasuklam-suklam ninyong mga gawa. 32 Hindi ko ito
ginagawa para sa inyong kapakanan—ito ang pahayag ng
Panginoong Yahweh— dapat ninyo itong malaman. Kaya
mahiya kayo at magkaroon ng kahihiyan dahil sa iyong mga
kaparaanan, sambahayan ng Israel. 33 Ito ang sinasabi
ng Panginoong Yahweh: Sa araw na dadalisayin ko kayo
mula sa lahat ng inyong kasamaan, patitirahin ko kayo sa
mga lungsod at upang maitayong muli ang mga lugar na
nawasak. 34 Sapagkat aararuhin ninyo ang mga nawasak na
lupain hanggang ng hindi na ito isang lugar ng pagkawasak
sa paningin ng lahat ng nagdaraan. 35 At kanilang sasabihin,
“Ang lupaing ito ay napabayaan, ngunit naging gaya ito nang
hardin ng Eden; ang pinabayaang mga lungsod at ang mga
lugar ng pagkawasak na walang nakatira na hindi nararating
ay tinitirhan na ngayon.” 36 At malalaman ng ibang mga
bansa na nakapalibot sa inyo na ako si Yahweh, na ako ang
nagtayo ng mga lugar ng pagkawasak at muling nagtanim
sa mga lugar na pinabayaan. Ako si Yahweh. Ipinahayag ko
ito at gagawin ko ito. 37 Ito ang sinasabi ng Panginoong
Yahweh: Hihilingin muli sa akin ng sambahayang Israel
na gawin ito para sa kanila, upang paramihin sila tulad ng
isang kawan ng mga tao. 38 Katulad ng mga kawan na
itinalaga kay Yahweh, tulad ng mga kawan sa Jerusalem sa
kaniyang nakatakdang mga kapistahan, ang pinabayaang

mga lungsod ay mapupuno ng mga kawan ng mga tao, at
malalaman nila na ako si Yahweh.”

37 Ang kamay ni Yahweh ay dumating sa akin, dinala ako
sa gitna ng isang lambak sa pamamagitan ng Espiritu
ni Yahweh. Punong-puno ito ng mga buto. 2 At inilibot niya
ako sa mga ito. Masdan! Napakarami ng mga ito sa lambak.
At masdan! Tuyong-tuyo ang mga ito. 3 Sinabi niya sa akin,
“Anak ng tao, mabubuhay pa bang muli ang mga butong
ito?” Kaya sinabi ko, “Panginoong Yahweh, ikaw lamang
ang nakakaalam!” 4 At sinabi niya sa akin, “Magpahayag
ka sa mga butong ito at sabihin mo sa kanila, 'Mga tuyong
buto! Makinig kayo sa salita ni Yahweh. 5 Ito ang sinasabi
ng Panginoong Yahweh sa mga butong ito: Masdan ninyo!
“Magdadala ako ng espiritu sa inyo, at mabubuhay kayo. 6
Maglalagay ako ng mga litid sa inyo at magbibigay ng laman
sa inyo. Babalutin ko kayo ng balat at bibigyan ko kayo ng
hininga upang kayo ay mabuhay. At malalaman ninyo na
ako si Yahweh.” 7 Kaya nagpahayag ako gaya ng iniutos sa
akin; habang nagpapahayag ako, narito, isang tunog ng
pagyanig ang dumating. At ang mga buto ay nagkadikit-
dikit—buto sa buto. 8 Tiningnan ko at, masdan, nagkaroon
na sila ng mga litid! At nagkaroon na ng laman at binalot ng
balat ang mga ito! Ngunit wala pa rin silang mga buhay. 9
At sinabi sa akin ni Yahweh, “Magpahayag ka sa hangin!
Magpahayag ka, anak ng tao, at sabihin sa hangin, 'Ito ang
sinasabi ng Panginoong Yahweh: Espiritu! Pumunta ka mula
sa apat na hangin. At hingahan ang mga patay na ito upang
mabuhay silang muli.'” 10 Kaya nagpahayag ako gaya ng
iniutos sa akin; dumating ang Espiritu sa kanila at sila ay
nabuhay! Pagkatapos ay tumayo sila, isang napakalaking
hukbo! 11 At sinabi sa akin ng Diyos, “Anak ng tao, ang mga
butong ito ay ang buong sambahayan ng Israel. Masdan mo!
Sinasabi nila, 'Natuyo na ang aming mga buto, at nawala na
ang aming pag-asa. Pinutol kami para sa pagkawasak!' 12
Kaya magpahayag ka at sabihin sa kanila, “Ito ang sinasabi
ng Panginoong Yahweh: Pagmasdan ninyo! Aking mga tao!
Bubuksan ko ang inyong mga libingan at ilalabas ko kayo
mula sa mga ito. At ibabalik ko kayo sa lupain ng Israel! 13
Kaya aking mga tao, malalaman ninyo na ako si Yahweh,
kapag binuksan ko ang inyong mga libingan at ilabas kayo
sa mga ito. 14 Ilalagay ko ang aking Espiritu sa inyo upang
kayo ay mabuhay, at pagpapahingain ko kayo sa inyong
lupain kapag nalaman ninyo na ako si Yahweh. Ipinahayag
ko at gagawin ko ito—ito ang pahayag ni Yahweh.'” 15
At dumating ang salita ni Yahweh sa akin at sinabi, 16
“Ngayon, ikaw na anak ng tao, kumuha ka ng isang patpat
at at sulatan ito, 'Para sa Juda at para sa mga Israelita
na kasama niya.' At kumuha ka muli ng isa pang patpat
at at sulatan ito, “Para kay Jose, ang sanga ng Efraim,
at para sa lahat ng mga Israelita namga kasama nila.' 17
At pagsamahin mo ang dalawang ito upang maging isang
patpat, upang maging iisa ang mga ito sa iyong kamay. 18
Kapag makipag-usap sa iyo ang iyong mga tao at sasabihin,
'Hindi mo ba sasabihin sa amin kung ano ang ibig sabihin
ng mga bagay na ito?' 19 at sabihin mo sa kanila, 'Ito
ang sinasabi ni Yahweh: Pagmasdan ninyo! Kukunin ko
ang sanga ni Jose na nasa kamay ng Efraim at sa mga
tribo ng Israel na mga kasama niya at isasama ko ito sa
sanga ng Juda, upang sila ay maging isang sanga, at
magiging isa sila sa aking kamay!' 20 At hawakan mo sa
iyong kamay ang mga sanga na sinulatan mo sa harapan
ng kanilang mga mata. 21 At ipahayag mo sa kanila, 'Ito
ang sinasabi ng Panginoong Yahweh: Masdan! Kukunin ko
ang Israelita mula sa mga bansa kung saan sila pumunta.
Titipunin ko sila mula sa mga nakapalibot na mga lupain.
Sapagkat dadalhin ko sila sa kanilang lupain. 22 Gagawin
ko silang isang bansa sa lupain, sa mga bundok ng Israel;
at magkakaroon ng isang hari na maghahari sa kanilang
lahat, at hindi na sila kailanman magiging dalawang bansa;
hindi na sila kailanman mahahati sa dalawang kaharian. 23
At hindi na nila kailanman dudungisan ang kanilang mga
sarili sa pamamagitan ng kanilang mga diyus-diyosan, sa
kanilang mga kasuklam-suklam na mga bagay o anuman sa
iba pa nilang mga kasalanan. Sapagkat ililigtas ko sila mula
sa lahat ng kanilang mga gawaing walang pananamplataya
kung saan sila ay nagkasala, at lilinisin ko sila, upang sila
ay maging aking mga tao at ako ang kanilang magiging
Diyos. 24 Si David na aking lingkod ang maghahari sa kanila.
Kaya magkakaroon ng isang pastol sa kanilang lahat, at
lalakad sila ayon sa aking mga utos at tutuparin nila ang
aking mga panuntunan at susundin nila ang mga ito. 25
Maninirahan sila sa lupaing ibinigay ko sa lingkod kong si
Jacob, kung saan nanatili ang inyong mga ama. Maninirahan
sila dito magpakailanman—sila, ang kanilang mga anak,
at ang kanilang mga apo, sapagkat ang lingkod kong si
David ang kanilang magiging pinuno magpakailanman. 26
Magtatatag ako ng isang tipan ng kapayapaan sa kanila.
Magiging walang hanggang kasunduan ito sa kanila. Kukunin
at pararamihin ko sila at ilalagay ko ang aking banal na lugar
sa kanilang kalagitnaan magpakailanman. 27 Dala-dala nila
ang tirahan kung saan ako nananahan; Ako ang kanilang
magiging Diyos, at sila ang aking magiging mga tao! 28
At malalaman ng mga bansa na ako si Yahweh, na siyang
nagtatalaga sa Israel sa aking sarili, kapag ang aking banal
na lugar ay nasa kanilang kalagitnaan magpakailanman!'”

38 Ang salita ni Yahweh ay dumating sa akin at sinabi,
2 “Anak ng tao, iharap mo ang iyong mukha kay Gog,
ang lupain ng Magog, ang pinuno ng Mesech at Tubal; at

magpahayag ka laban sa kaniya! 3 Sabihin mo, 'Ito ang
sinasabi ng Panginoong Yahweh: Pagmasdan mo! Ako ay
laban sa iyo, Gog, ang pinuno ng Mesech at Tubal. 4 Kaya,
ihaharap kita at kakawitan sa iyong panga; Ipadadala ko
kayo kasama ang lahat ng iyong hukbo, mga kabayo, at
mangangabayo, lahat sila ay nakasuot ng buong baluti,
isang napakaraming pulutong na may malalaki at maliliit na
mga kalasag, lahat sila ay may hawak na mga espada! 5
Ang Persia, ang Cush, at ang Put ay kasama nila, lahat
sila ay may mga kalasag at mga helmet! 6 Ang Gomer at
ang lahat ng kaniyang mga pangkat, at ang Beth-togarma,
mula sa malayong bahagi ng hilaga, at ang lahat ng mga
pangkat nito! Marami kang mga kasamang tao! 7 Maghanda
ka! Oo, ihanda mo ang iyong sarili at tipunin mo ang iyong
mga pangkat na kasama mo, at maging ang kanilang
pinuno. 8 Tatawagin ka pagkalipas ng maraming araw, at
pagkatapos ng ilang mga taon, pupunta ka sa isang lupain
na nakabangon mula sa espada at tinipon mula sa mga
maraming tao, tinipon pabalik sa mga bundok ng Israel sa
patuloy na pagbagsak. Ngunit ang mga taong naninirahan sa
lupain ay ilalabas sa mga tao, at mamumuhay silang lahat
nang ligtas! 9 Kaya sasalakay ka na gaya ng pagdating ng
isang bagyo; magiging katulad ka ng isang ulap na babalot
sa lupain, ikaw at ang lahat ng iyong mga pangkat, lahat ng
napakaraming kawal na kasama mo. 10 Ito ang sinasabi
ng Panginoong Yahweh: mangyayari ito sa araw na ang
mga plano ay mabubuo sa inyong mga puso, at gagamit
ka ng masasamang pamamaraan.' 11 At sasabihin mo,
'Pupunta ako sa bukas na lupain; Pupunta ako sa mga
taong namumuhay nang tahimik at ligtas, silang lahat na
naninirahan kung saan walang mga pader o mga harang,
at kung saan ang lungsod ay walang mga tarangkahan.
12 Kukunin ko ang mga nasamsam at nanakawin ko ang
mga bagay na kinuha sa pandarambong, upang madala
ko ang aking kamay laban sa mga lugar na winasak na
ngayon ay tinitirahan, at laban sa mga taong tinipon mula sa
mga bansa, mga taong maraming mga hayop at ari-arian,
at silang mga nakatira sa gitna ng mundo.' 13 Ang Sheba
at Dedan, at ang mga mangangalakal ng Tarsis kasama
ang lahat ng kanilang mga batang mandirigma—sasabihin
nilang lahat sa iyo, 'Pumunta ka ba dito para kunin ang
mga nasamsam? Tinipon mo ba ang iyong hukbo upang
nakawin ang mga bagay na kinuha sa pandarambong, upang
magbuhat ng pilak at ginto, upang kumuha ng baka at ari-
arian, upang kumuha pa ng mas maraming bagay na kinuha
sa pagdarambong?' 14 Kaya magpahayag ka, anak ng tao,
at sabihin mo kay Gog, 'Ito ang sinasabi ng Panginoong
Yahweh: Sa araw na iyon, kapag ang mga tao kong Israelita
ay namumuhay nang matiwasay, hindi mo kaya malalaman
ang tungkol sa kanila? 15 Pupunta ka mula sa iyong lugar
sa dulong hilaga kasama ang napakalaking hukbo, lahat sila
ay nakasakay sa mga kabayo, isang napakalaking pulutong,
isang malaking hukbo? 16 At sasalakayin mo ang mga tao
kong Israelita na gaya ng isang ulap na bumabalot sa lupain.
Mangyayari ito sa mga darating na araw, dadalhin ko kayo
laban sa aking lupain, upang makilala ako ng mga bansa
kapag nakita na ni Gog ang aking kabanalan. 17 Ito ang
sinasabi ng Panginoong Yahweh: Hindi ba ikaw ang aking
kinausap noong mga nakalipas na araw sa pamamagitan ng
kamay ng aking mga lingkod, ang mga propeta ng Israel na
nagpahayag sa kanilang sariling kapanahunan sa loob ng
maraming taon na dadalhin ko kayo laban sa kanila? 18
Kaya darating ito sa araw na iyon kapag sasalakayin na ni
Gog ang lupain ng Israel—ito ang pahayag ng Panginoong
Yahweh—ang matindi kong galit ay lalabas sa mga butas ng
aking ilong! 19 Sapagkat inihayag ko ito sa alab ng aking
galit at sa nag-aapoy kong poot: tiyak na magkakaroon
ng isang napakalakas na lindol sa araw na iyon sa lupain
ng Israel. 20 Manginginig sila sa aking harapan—ang isda
sa dagat at ang mga ibon sa mga kalangitan, ang mga
mababangis na hayop sa mga kaparangan, at ang lahat ng
mga gumagapang sa kalupaan, at ang bawat tao na nasa
ibabaw ng lupain. Guguho ang mga bundok at babagsak ang
mga matatarik na dalisdis, hanggang ang bawat pader ay
babagsak sa kalupaan. 21 Sapagkat ipatatawag ko ang isang
espada laban sa kaniya sa lahat ng aking mga bundok—ito
ang pahayag ng Panginoong Yahweh—ang bawat espada
ng isang tao ay laban sa kaniyang kapatid. 22 At hahatulan
ko sila sa pamamagitan ng salot, dugo, napakalakas na mga
ulan, at malalaking yelo ng apoy. Pauulanin ko ng asupre sa
kaniya at sa kaniyang mga pangkat at sa maraming mga
tao na kasama niya. 23 Sapagkat ipapakita ko ang aking
kadakilaan at ang aking kabanalan at ipakikilala ko ang
aking sarili sa mga mata ng maraming bansa, at malalaman
nila na ako si Yahweh!'"

**39** Ngayon, ikaw, anak ng tao, magpahayag ka ng
propesiya laban sa Gog at magsabi, 'Ito ang sinabi
ng Panginoong Yahweh: Masdan mo! Laban ako sa iyo,
Gog na pinuno ng Meshec at Tubal. 2 Palilikuin kita
at pangungunahan kita. Iaangat kita mula sa malayong
hilaga at dadalhin kita sa mga kabundukan ng Israel. 3
At ilalaglag ko ang iyong pana mula sa iyong kaliwang
kamay at ibabagsak ko ang mga palaso mula sa iyong
kanang kamay. 4 Mamamatay ka sa mga kabundukan ng
Israel, ikaw at ang lahat ng iyong mga hukbo at mga kawal
na kasama mo. Ibibigay kita sa mga ibong mandaragit
at sa mga mababangis na hayop sa kaparangan upang
maging pagkain. 5 Mamamatay ka sa ibabaw ng bukid,

sapagkat ako mismo ang nagpahayag nito. Ito ang pahayag
ng Panginoong Yahweh. 6 Pagkatapos, susunugin ko ang
Magog at ang mga nabubuhay nang ligtas sa mga baybayin
at makikilala nila na ako si Yahweh. 7 Sapagkat ipakikilala
ko ang aking banal na pangalan sa kalagitnaan ng aking
mga taong Israel at hindi ko na hahayaang lapastanganin
ang aking banal na pangalan. Makikilala ng mga bansa na
ako si Yahweh, ang Isang Banal ng Israel. 8 Masdan ninyo!
Parating na ang araw na ipinahayag ko at magaganap ito.
Ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh. 9 Lalabas ang
mga naninirahan sa mga lungsod ng Israel at susunugin
ang mga sandata, mga maliliit at malalaking kalasag, mga
pana, mga palaso, mga pamalo at mga sibat. Susunugin nila
sa apoy ang mga ito sa loob ng pitong taon. 10 Hindi sila
magtitipon ng mga kahoy mula sa mga bukirin o puputol ng
mga punong kahoy sa kagubatan, yamang susunugin nila
ang mga sandata. Kukuha sila mula sa mga kumuha mula
sa kanila, sasamsamin nila ang mga nagsamsam sa kanila.
Ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh. 11 At mangyayari
ito sa araw na iyon na gagawa ako ng isang lugar para sa
Gog, isang libingan sa Israel, isang lambak para sa mga
naglalakbay sa silangan ng dagat. Hahadlangan nito ang
mga nagnanais na makatawid. Ililibing nila doon ang Gog
kasama ang lahat ng kaniyang napakaraming mga tao.
Tatawagin nila itong lambak ng Hamon Gog. 12 Sa loob ng
pitong buwan, ililibing sila ng sambahayan ng Israel upang
dalisayin ang lupain. 13 Sapagkat ililibing sila ng lahat ng tao
sa lupain. Magiging isang hindi makakalimutang araw ito
para sa kanila kapag linuwalhati ako. Ito ang pahayag ng
Panginoong Yahweh. 14 Pagkatapos, magtatalaga sila ng
ilang mga kalalakihan para sa tungkulin ng pagdaan sa mga
lupain upang ilibing ang mga natitira sa balat ng lupa, upang
dalisayin ito. Sisimulan nila ang tungkuling ito pagkatapos ng
ika-pitong buwan. 15 Habang dumadaan sa lupain ang mga
kalalakihang ito, kapag nakakita sila ng anumang buto ng
tao, lalagyan nila ito ng palatandaan, hanggang sa dumating
ang mga tagapaghukay ng libingan at ilibing ito sa lambak
ng Hamon Gog. 16 May lungsod doon na ang pangalan
ay Hamonah. Sa ganitong paraan nila dadalisayin ang
lupain.' 17 Ngayon sa iyo, anak ng tao, ito ang sinasabi ng
Panginoong Yahweh: Sabihin mo sa lahat ng mga ibong
may pakpak at sa lahat ng mga mababangis na hayop sa
mga bukirin, 'Halikayo at magtipun-tipon! Magtipun-tipon
mula sa lahat ng dako patungo sa handog na ako mismo
ang gumagawa para sa inyo, isang malaking handog sa
mga kabundukan ng Israel upang maaari ninyong kainin ang
laman at inumin ang dugo. 18 Kakainin ninyo ang laman ng
mga mandirigma at iinumin ninyo ang dugo ng mga prinsipe
sa daigdig; magiging mga lalaking tupa sila, mga kordero,
mga kambing at mga toro, pinataba silang lahat sa Bashan.
19 At kakain kayo ng taba hanggang sa mabusog kayo; iinom
kayo ng dugo hanggang sa malasing kayo, ito ang magiging
alay na aking kakatayin para sa inyo. 20 Mabubusog kayo
sa aking hapag ng kabayo, karwahe, mandirigma at sa
bawat lalaki sa digmaan. Ito ang pahayag ng Panginoong
Yahweh. 21 At ipapakita ko ang aking kaluwahatian sa
mga bansa at makikita ng lahat ng bansa ang paghatol na
aking ginawa at ang aking kamay na inihanda ko laban sa
kanila. 22 Mula sa araw na iyon, makikilala ng sambahayan
ng Israel na ako si Yahweh na kanilang Diyos. 23 At
malalaman ng mga bansa na nabihag ang sambahayan ng
Israel dahil sa kanilang mabigat na kasalanan kung saan
pinagtaksilan nila ako, kaya itinago ko ang aking mukha
mula sa kanila at ipinasakamay sila sa kanilang mga kaaway
upang mamatay silang lahat sa pamamagitan ng espada. 24
Ginawa ko ito sa kanila ayon sa kanilang mga karumihan
at sa kanilang mga kasalanan kapag itinago ko ang aking
mukha mula sa kanila. 25 Kaya ito ang sinabi ng Panginoong
Yahweh: Ngayon panunumbalikin ko ang mga kayamanan
ni Jacob at kahahabagan ko ang buong sambahayan ng
Israel, kapag kumilos ako nang masigasig para sa aking
banal na pangalan! 26 At makakalimutan nila ang kanilang
kahihiyan at ang lahat ng kanilang kataksilan kung saan
pinagtaksilan nila ako. Makakalimutan nila ang lahat ng ito
kapag mamamahinga sila nang ligtas sa kanilang lupain na
walang sinumang makapagbibigay ng takot sa kanila. 27
Kapag pinanumbalik ko sila mula sa mga tao at tinipon sila
mula sa mga lupain ng kanilang mga kaaway, ipapakita ko
ang aking sarili na banal sa paningin ng maraming bansa.
28 At makikilala nila na ako si Yahweh na kanilang Diyos,
sapagkat pinabihag ko sila sa mga bansa, gayunpaman,
tinipon ko silang muli pabalik sa kanilang lupain. Wala akong
iniwan ni isa man sa kanila sa mga bansa. 29 Hindi ko na
itatago ang aking mukha mula sa kanila kapag ibinuhos
ko ang aking Espiritu sa sambahayan ng Israel. Ito ang
pahayag ng Panginoong Yahweh.'"

**40** Sa ikadalawampu't limang taon ng ating pagkabihag
sa simula ng taon sa ika-sampung araw ng buwan,
sa ikalabing-apat na taon matapos mabihag ang lungsod.
Sa araw ding iyon, nasa akin ang kamay ni Yahweh at
dinala ako roon. 2 Dinala ako ng Diyos sa lupain ng Israel
sa pamamagitan ng mga pangitain. Dinala niya ako upang
tumuntong sa isang napakataas na bundok; sa timog ay
ang mga tulad ng gusali ng isang lungsod. 3 At dinala niya
ako roon. Masdan mo, may lumitaw na isang lalaki na tulad
ng tanso. May linong panali at isang patpat na panukat
sa kaniyang kamay at nakatayo siya sa tarangkahan ng
lungsod. 4 Sinabi sa akin ng lalaki, "Anak ng tao, tumingin

ka sa pamamagitan ng iyong mga mata at makinig ka sa
pamamagitan ng iyong mga tainga at ituon mo ang iyong
isipan sa lahat ng inihahayag ko sa iyo sapagkat dinala
ka rito upang ihayag ko sa iyo ang mga ito. Ipamalita mo
sa sambahayan ng Israel ang lahat ng makikita mo." **5**
Mayroong pader sa palibot ng templo at may isang panukat
na patpat sa kamay ng lalaki, anim na siko ang haba—ang
bawat "mahabang" siko ay katumbas ng isang siko at isang
dangkal. Sinukat ng lalaki ang lawak ng pader, isang patpat
ang lawak at isang patpat ang taas. **6** At pumunta siya
sa tarangkahan ng templo na nakaharap sa silangan at
umakyat sa mga baitang nito. Sinukat niya ang pasukan
ng tarangkahan, isang patpat ang lalim. **7** Isang patpat
ang haba at isang patpat ang lapad ng mga silid ng mga
tagapagbantay, limang siko ang pagitan ng dalawang silid ng
mga tagapagbantay. At isang patpat ang lalim ng pasukan
ng templo patungo sa portiko ng templo. **8** Sinukat niya
ang portiko ng tarangkahan, isang patpat ang haba nito. **9**
Sinukat niya ang portiko ng tarangkahan, isang patpat ang
lalim nito. At dalawang siko ang lawak ng mga haligi ng pinto.
Ito ang portiko ng tarangkahan na nakaharap sa templo.
**10** Tatlo ang bilang ng mga silid ng mga tagapagbantay sa
magkabilang bahagi ng tarangkahan at pareho ang sukat ng
mga ito at pareho rin ang sukat ng pader na naghihiwalay sa
lahat ng mga ito mula sa isa't isa. **11** At sinukat ng lalaki ang
lapad ng pasukan ng tarangkahan—sampung siko at sinukat
niya ang haba ng pasukan ng tarangkahan—labintatlong
siko. **12** Sinukat niya ang pader na nakapalibot sa harapan
ng mga silid, isang siko ang taas. At ang mga silid, anim
na siko sa bawat bahagi. **13** Pagkatapos, sinukat niya ang
pasukan ng tarangkahan, mula sa bubong ng isang silid
hanggang sa kasunod na silid—dalawampu't-limang siko,
mula sa pasukan ng unang silid hanggang sa pangalawa. **14**
At sinukat niya ang pader na patungo sa pagitan ng mga silid
ng tagapagbantay, animnapung siko ang haba. Sinukat niya
hanggang sa portiko ng tarangkahan. **15** Limampung siko
ang pasukan mula sa harapan ng tarangkahan hanggang
sa kabilang dulo ng portiko ng tarangkahan. **16** Mayroong
masisikip na bintana sa mga silid at sa mga pader na
naghihiwalay sa mga ito, gayundin sa portiko at nasa panloob
na bahagi ang lahat ng mga bintana. Mayroong mga nakaukit
na puno ng palma sa mga pader. **17** Pagkatapos, dinala
ako ng lalaki sa panlabas na patyo ng templo. Masdan mo,
mayroong mga silid at mayroong latag na bato sa patyo,
may tatlumpung silid kasunod ng latag na bato. **18** Pataas
ang latag na bato patungo sa bahagi ng mga tarangkahan at
pareho ang lapad nito sa haba ng mga tarangkahan. Ito ang
pang-ibabang latag na bato. **19** At sinukat ng lalaki ang layo
mula sa harapan ng pang-ibabang tarangkahan hanggang
sa harapan ng panloob na tarangkahan; isandaang siko ito
sa silangang bahagi at gayundin naman sa hilagang bahagi.
**20** At sinukat niya ang haba at lapad ng tarangkahan na nasa
hilaga ng panlabas na patyo. **21** Mayroong tatlong silid sa
bawat bahagi ng tarangkahan na iyon at pareho ang sukat ng
tarangkahan at ng portiko nito sa pangunahing tarangkahan,
limampung siko ang kabuuang haba at dalawampu't limang
siko ang lapad. **22** Halos katumbas ng nasa tarangkahan
na nakaharap sa silangan ang mga bintana nito, portico,
mga silid at ang mga puno ng palma nito. Pitong baitang
paakyat dito at sa portico nito. **23** May isang tarangkahan
patungo sa panloob na patyo sa harap ng tarangkahan na
nakaharap sa hilaga gaya rin ng tarangkahan sa silangan.
Sinukat ng lalaki mula sa isang tarangkahan hanggang
sa isa pang tarangkahan, isandaang siko ang layo. **24**
Pagkatapos, dinala ako ng lalaki sa tarangkahan ng timog
na pasukan, pareho sa panlabas na tarangkahan ang sukat
ng mga pader at ng portico. **25** Mayroong mga masisikip
na bintana sa pasukan ng tarangkahan at sa portiko nito
gaya ng nasa tarangkahang iyon. Limampung siko ang
haba at dalawapu't limang siko ang lapad ng tarangkahan
sa timog at ng portiko nito. **26** Mayroong pitong baitang
pataas patungo sa tarangkahan at sa portico nito at may
mga nakaukit na puno ng palma sa magkabilang bahagi ng
mga pader. **27** Mayroong tarangkahan patungo sa panloob
na patyo sa bahaging timog at sinukat ng lalaki mula sa
tarangkahang iyon hanggang sa tarangkahan ng pasukan
sa timog, isandaang siko ang layo. **28** At dinala ako ng
lalaki sa panloob na patyo sa pamamagitan ng daanan sa
tarangkahan sa timog na pareho ang sukat sa iba pang mga
tarangkahan. **29** Pareho ang sukat ng mga silid, mga pader
at mga portiko nito sa iba pang mga tarangkahan; mayroong
mga bintana sa buong palibot ng portiko. Limampung siko
ang haba at dalawampu't limang siko ang lawak ng panloob
na tarangkahan at ng portiko nito. **30** May mga portiko
rin sa buong palibot ng panloob na pader. Dalawampu't
lima ang haba ng mga ito at limang siko ang lawak. **31**
Nakaharap sa panlabas na patyo ang portiko na ito na may
nakaukit na mga puno ng palma sa mga pader nito at walong
baitang patungo sa itaas nito. **32** At dinala ako ng lalaki sa
panloob na patyo sa pamamagitan ng silangang daanan
at sinukat ang tarangkahan na pareho ang sukat sa iba
pang mga tarangkahan. **33** Pareho ang sukat ng mga silid,
mga pader at portiko nito sa iba pang mga tarangkahan
at mayroong mga bintana sa buong palibot. Limampung
siko ang haba at dalawampu't limang siko ang lawak ng
panloob na tarangkahan at ng portiko nito. **34** Nakaharap sa
panlabas na patyo ang portiko nito. Mayroong mga puno
ng palma sa magkabilang bahagi nito at walong baitang

patungo sa itaas nito. 35 Pagkatapos, dinala ako ng lalaki sa
tarangkahan sa hilaga at sinukat ito, pareho ang sukat nito
sa iba pang mga tarangkahan. 36 Pareho ang sukat ng mga
silid, mga pader at portiko nito sa iba pang mga tarangkahan
at may mga bintana sa buong palibot. Limampung siko ang
haba at dalawampu't limang siko ang lawak ng daanan sa
tarangkahan at ng portico nito. 37 Nakaharap ang portiko
nito sa panlabas na patyo, mayroong mga puno ng palma
sa magkabilaang bahagi nito at walong baitang patungo
sa itaas nito. 38 May isang silid na may pinto patungo sa
bawat panloob na daanan ng tarangkahan. Dito nila nililinis
ang mga alay na susunugin. 39 May dalawang hapag sa
magkabilang bahagi ng portiko kung saan kinakatay ang alay
na susunugin at gayundin ang alay para sa kasalanan at
ang alay para sa pagkakasala. 40 May dalawang hapag sa
tabi ng pader ng patyo, pataas patungo sa tarangkahan sa
hilaga. Mayroon ding dalawang hapag sa kabilang bahagi,
sa portico ng tarangkahan. 41 Mayroong apat na hapag sa
magkabilang bahagi ng tarangkahan. Kinakatay nila ang
mga hayop sa walong hapag. 42 Mayroong apat na hapag
na tinapyas na bato para sa mga handog na susunugin,
isa at kalahating siko ang haba, isa at kalahating siko ang
lawak at isang siko ang taas. Inilatag nila sa mga ito ang
mga kagamitan kung saan nila sinusunog ang mga alay na
susunugin para sa mga handog. 43 Nakalagay sa palibot
ng portiko ang kalawit na may dalawang ngipin na isang
dangkal ang haba at ilalagay sa mga hapag ang laman ng
mga alay. 44 Malapit sa panloob na tarangkahan, sa panloob
na patyo ay mayroong mga silid ng mga mang-aawit. Nasa
dakong hilaga ang isa sa mga silid na ito at nasa timog
ang isa. 45 At sinabi sa akin ng lalaki, "Para sa mga pari
na naglilingkod sa templo ang silid na ito na nakaharap sa
timog. 46 At para naman sa mga pari na naglilingkod sa
altar ang silid na nakaharap sa hilaga. Ito ang mga anak ni
Zadok na lumapit kay Yahweh upang paglingkuran siya;
kabilang sila sa mga anak ni Levi." 47 Pagkatapos, sinukat
niya ang patyo, isandaang siko ang haba at isandaang siko
ang lawak sa isang kuwadrado na may altar sa harapan ng
tahanan. 48 At dinala ako ng lalaki sa portiko ng tahanan at
sinukat niya ang mga haligi ng pinto, limang siko ang kapal
sa magkabilang bahagi. Ang pasukan mismo ay labing-apat
na siko ang lawak, at tatlong siko ang lawak ng mga pader
sa bawat bahagi nito. 49 Dalawampung siko ang haba at
labing-isang siko ang lalim ng portiko ng santuwaryo. May
mga baitang patungo sa itaas nito at mga haligi na nakatayo
sa magkabilang bahagi nito.

**41** Pagkatapos, dinala ako ng lalaki sa banal na lugar ng
templo at sinukat ang mga haligi ng pinto, anim na siko
ang lawak sa magkabilang dako. 2 Sampung siko ang lapad
ng pintuan, limang siko ang haba ng pader sa bawat bahagi
nito. Pagkatapos, sinukat ng lalaki ang banal na lugar,
apatnapung siko ang haba at dalawampung siko ang lawak.
3 Pagkatapos, pumunta ang lalaki sa kabanal-banalang
lugar at sinukat ang mga haligi ng pintuan, dalawang siko
at anim na siko ang lawak ng pintuan. Pitong siko ang
lawak ng mga pader sa magkabilang dako. 4 Pagkatapos,
sinukat niya ang haba ng silid, dalawampung siko. At ang
luwang nito ay dalawampung siko patungo sa harap ng
bulwagan ng templo. Pagkatapos, sinabi niya sa akin, "Ito
ang kabanal-banalang lugar." 5 Pagkatapos, sinukat ng
lalaki ang pader ng tahanan(bahay), anim na siko ang
kapal nito. Apat na siko ang lapad ng mga tagilirang silid
sa buong palibot ng tahanan(bahay). 6 Mayroong tatlong
palapag na mga tagilirang silid, sapagkat may mga silid
sa ibabaw ng mga silid, tatlumpu sa bawat palapag. At
may mga pasimano sa pader sa palibot ng tahanan(bahay)
para sa mga tagilirang silid sa buong palibot upang maging
suporta sa mga silid sa itaas, sapagkat walang inilagay na
suporta sa pader ng tahanan(bahay). 7 Kaya pinaluwang
ang mga tagilirang silid at paikot patungo sa itaas, sapagkat
paikot ang tahanan(bahay) na pataas nang pataas sa buong
palibot, pinaluwang ang mga silid habang pataas nang
pataas ang tahanan(bahay). At papunta sa pinakamataas
na palapag ang hagdanan sa pamamagitan ng gitnang
palapag. 8 At may nakita akong tuntungan sa buong palibot
ng tahanan(bahay), ang pundasyon para sa mga tagilirang
silid, may sukat itong buong patpat na anim na siko ang taas.
9 Limang siko ang lapad ng pader ng mga tagilirang silid sa
labas. May isang bakanteng lugar sa labas ng mga silid
na ito sa santuwaryo. 10 Sa kabilang bahagi ng bakanteng
lugar na ito ay ang mga panlabas na tagilirang silid ng mga
pari. Ang lugar na ito ay may lawak na dalawampung siko sa
buong palibot ng santuwaryo. 11 May mga pinto patungo sa
mga tagilirang silid mula sa isa pang bakanteng lugar. Ang
isang pintuan ay nasa hilagang bahagi at ang isa ay nasa
bahaging timog. Limang siko ang lapad ng bakanteng lugar
na ito sa buong palibot. 12 Pitumpung siko ang lawak ng
gusali na nakaharap sa patyo sa dakong kanluran. Ang sukat
ng pader nito sa buong palibot ay limang siko ang kapal at
siyamnapung siko ang haba nito. 13 Pagkatapos, sinukat ng
lalaki ang santuwaryo, isandaang siko ang haba. At ang
hiwalay na gusali, ang pader nito at ang patyo ay mayroon
ding sukat na isandaang siko ang haba. 14 Isandaang siko
rin ang lapad ng harapan ng patyo sa harap ng santuwaryo.
15 Pagkatapos, sinukat ng lalaki ang haba ng gusali sa
likod ng santuwaryo, patungo sa kanluran nito at ang mga
galerya sa magkabilang bahagi ay isandaang siko. Ang
banal na lugar at ang portiko, 16 ang panloob na mga pader

at ang mga bintana kabilang ang masisikip na mga bintana
at ang mga galerya sa buong palibot ng tatlong palapag
ay nababalutan lahat ng tabla. 17 Sa itaas ng pasukan
patungo sa santuwaryo at ang puwang sa tabi ng lahat ng
pader na nakapalibot ay may mga nakaukit na kerubin at
mga puno ng palmera, nagsasalitan ang bawat isa. 18 At
pinalamutian ito ng kerubin at mga puno ng palmera, may
puno ng palmera sa pagitan ng bawat kerubin. At ang bawat
kerubin ay may dalawang mukha. 19 Ang mukha ng tao na
nakatingin sa puno ng palmera sa isang dako at ang mukha
ng isang batang leon na nakatingin sa puno ng palmera
sa kabilang dako. Pinalamutian nito ang buong palibot ng
tahanan, 20 mula sa ibaba hanggang sa itaas ng pintuan ay
mayroong mga palamuting kerubin at mga puno ng palmera
sa pader ng templo. 21 Ang mga haligi ng tarangkahan
ay parisukat at magkakatulad ang mga ito. 22 Ang kahoy
na altar sa harap ng banal na lugar ay tatlong siko ang
taas at dalawang siko ang haba sa bawat bahagi. Ang mga
panulukang haligi nito, pundasyon at balangkas ay gawa
sa kahoy. Pagkatapos, sinabi sa akin ng lalaki, “Ito ang
hapag na nakatayo sa harapan ni Yahweh.” 23 Mayroong
dalawahang pinto para sa banal at kabanal-banalang lugar.
24 May dalawang bisagra ang bawat isang pinto na ito,
dalawang bisagra para sa isang pinto at dalawang bisagra
para sa isa pa. 25 Iniukit sa mga pinto ng banal na lugar ang
kerubin at mga puno ng palmera gaya ng ipinalamuti sa mga
pader at mayroong kahoy na bubong sa ibabaw ng portiko
sa harap. 26 Mayroong masisikip na mga bintana at mga
puno ng palmera sa magkabilang bahagi ng portiko. Ito ang
mga tagilirang silid ng tahanan(bahay) at mayroon din itong
mga nakausling bubungan.

**42** Pagkatapos, dinala ako ng lalaki palabas patungo sa
panlabas na patyo sa dakong hilaga at dinala niya
ako sa mga silid sa harap ng panlabas na patyo at sa
hilagang panlabas na pader. 2 Sa tapat ng mga silid na
iyon ay isandaang siko ang haba at limampung siko ang
lawak. 3 Ang ilan sa mga silid na iyon ay nakaharap sa
panloob na patyo at dalawampung siko ang layo mula sa
santuwaryo. Mayroong tatlong palapag na mga silid, ang
mga nasa itaas ay nakatanaw sa mga nasa ibaba at bukas
sa mga ito na mayroong daanan. At ang ilan sa mga silid
ay nakatanaw sa panlabas na patyo. 4 Sampung siko ang
lawak at isandaang siko ang haba ng isang daanan na nasa
harapan ng mga silid. Ang mga pinto ng mga silid ay nasa
dakong hilaga. 5 Ngunit mas maliit ang mga pang-itaas
na bulwagan, sapagkat kinuha ng mga daanan ang mas
higit na espasyo nito kaysa sa ibaba at gitnang palapag
ng gusali. 6 Sapagkat tatlong palapag ang mga ito at wala
itong mga haligi, hindi katulad ng mga patyo na may mga
haligi. Kaya ang pang-itaas na palapag ay binawasan ang
sukat kaysa sa pang-ibaba at gitnang palapag. 7 At ang
mga nasa labas na pader na nasa tabi ng mga silid patungo
sa panlabas na patyo, ang patyo na nasa harap ng mga
silid. Ang pader na iyon ay limampung siko ang haba. 8
Limampung siko ang haba ng mga silid ng panlabas na
patyo at isandaang siko ang haba ng mga silid na nakaharap
sa santuwaryo. 9 Mayroong pasukan sa pinakaibabang mga
silid mula sa dakong silangan na nagmumula sa panlabas
na patyo. 10 Mayroon ding mga silid sa tabi ng pader
ng panlabas na patyo sa dakong silangan ng panlabas
na patyo, sa harap ng panloob na patyo ng santuwaryo.
11 Ang daanan sa harap ng mga ito ay katulad ng haba
at lapad ng nasa harap ng mga silid sa dakong hilaga.
Magkapareho rin ang bilang ng mga pasukan ng mga ito. 12
Sa dakong timog ay may mga pinto patungo sa mga silid na
katulad ng mga nasa dakong hilaga. Ang daanan sa loob
ay may pinto sa ulunan nito at ang daanan ay nakabukas
patungo sa iba't ibang mga silid. Sa dakong silangan ay
may pintuan sa daanan sa isang dulo. 13 Pagkatapos,
sinabi sa akin ng lalaki, “Ang timog at hilagang mga silid na
nasa harap ng panlabas na patyo ay mga banal na silid
kung saan maaaring kainin ng mga paring nagtatrabaho na
pinakamalapit kay Yahweh ang pinakabanal na pagkain.
Ilalagay nila doon ang mga pinakabanal na bagay, ang
handog na pagkain, ang handog para sa kasalanan at ang
alay para sa pagkakasala, sapagkat ito ay banal na lugar.
14 Kapag pumasok doon ang mga pari, hindi sila dapat
lumabas sa banal na lugar patungo sa panlabas na patyo
nang hindi hinuhubad ang mga pansilbing kasuotan, yamang
banal ang mga ito. Kaya dapat silang magsuot ng ibang mga
damit bago lumapit sa mga tao.” 15 Tinapos ng lalaki ang
pagsusukat sa kaloob-looban ng bahay at inilabas ako sa
tarangkahan na nakaharap sa silangan at sinukat ang lahat
ng nakapalibot na lugar doon. 16 Sinukat niya ang silangang
bahagi gamit ang panukat na patpat, limandaang siko gamit
ang panukat na patpat. 17 Sinukat niya ang hilagang bahagi,
limandaang siko gamit ang panukat na patpat. 18 Sinukat
din niya ang katimugang bahagi, limandaang siko gamit ang
panukat na patpat. 19 Tumalikod din siya at sinukat ang
kanlurang bahagi, limandaang siko gamit ang panukat na
patpat. 20 Sinukat niya ito sa apat na panig, ang pader nito
at ang lahat na nakapalibot dito ay may haba na limandaang
siko at may lapad na limandaang siko upang ihiwalay ang
banal at ang hindi banal.

**43** Pagkatapos, dinala ako ng lalaki sa tarangkahan na
nakabukas sa silangan. 2 Masdan mo! Dumating
mula sa silangan ang kaluwalhatian ng Diyos ng Israel.
Ang kaniyang tinig ay tulad ng tunog ng maraming tubig at

nagniningning ang lupa dahil sa kaniyang kaluwalhatian! 3
At katulad ito ng pangitaing nakita ko nang dumating siya
upang wasakin ang lungsod at katulad ng pangitain na
nakita ko sa ilog Kebar at nagpatirapa ako! 4 Kaya dumating
ang kaluwalhatian ni Yahweh sa tahanan sa pamamagitan
ng tarangkahan na nakabukas sa silangan. 5 Pagkatapos,
itinayo ako ng Espiritu at dinala ako sa panloob na patyo.
Masdan mo! Pinupuno ng kaluwalhatian ni Yahweh ang
tahanan! 6 Nakatayo sa aking tabi ang lalaki at narinig ko na
may isa pang kumakausap sa akin na mula sa bahay. 7
Sinabi niya sa akin, “Anak ng tao, ito ang lugar ng aking
trono at ang lugar na tuntungan ng aking mga paa, kung
saan ako maninirahan magpakailanman sa kalagitnaan ng
mga tao ng Israel. Hindi na lalapastanganin ng sambahayan
ng Israel ang aking banal na pangalan, sila o ang kanilang
mga hari dahil sa kanilang kawalan ng pananampalataya o
sa 'mga bangkay' ng kanilang mga hari sa kanilang mga
dambana. 8 Hindi na nila lalapastanganin ang aking banal
na pangalan sa pamamagitan ng paglalagay ng mga pintuan
ng kanilang dambana sa tabi ng aking pintuan at ang mga
haligi ng tarangkahan ng kanilang mga dambana sa tabi
ng mga haligi ng aking sariling tarangkahan na walang
namamagitan sa amin kundi pader. Nilapastangan nila ang
banal kong pangalan sa pamamagitan ng kanilang mga
kasuklam-suklam na gawain, kaya nilipol ko sila ng aking
galit. 9 Ngayon, hayaan silang alisin ang kanilang kawalan ng
pananampalataya, ang 'mga bangkay' ng kanilang mga hari
sa aking harapan at maninirahan ako sa kanilang kalagitnaan
magpakailanman! 10 Anak ng tao, ikaw mismo ang dapat
magsabi sa sambahayan ng Israel tungkol sa tahanang
ito upang mahiya sila dahil sa kanilang mga kasalanan.
Dapat nilang isipin ang tungkol sa paglalarawang ito. 11
Sapagkat kung mahihiya sila dahil sa lahat ng kanilang
ginawa, ihayag mo sa kanila ang disenyo ng tahanan,
ang mga detalye nito, ang mga labasan nito, ang mga
pasukan nito, ang lahat ng detalye nito at ang lahat ng atas
at patakaran nito. Pagkatapos, isulat mo ito sa harapan
ng kanilang mga mata upang maigatan nila ang lahat ng
disenyo at lahat ng patakaran nito upang masunod nila
ang mga ito. 12 Ito ang alituntunin para sa tahanan. Mula
sa tuktok ng burol patungo sa lahat ng nakapalibot na
hangganan dito ay magiging kabanal-banalan. Tingnan mo!
Ito ang alituntunin para sa tahanan. 13 Ito ang magiging
sukat ng altar sa mahabang siko, ang bawat mahabang
siko sa pangkaraniwan ay isang siko at isang kamay ang
haba. Kaya ang kanal sa palibot ng altar ay isang siko ang
lalim at isang siko din ang lapad. At ang gilid sa palibot ng
dulo nito ay isang dangkal. Ito ang magiging tuntungan ng
altar. 14 Mula sa kanal sa lupa pataas sa mas mababang
pasimano ng altar ay dalawang siko at ang pasimano mismo
ay dalawang siko ang lawak. At mula sa maliit na pasimano
hanggang sa malaking pasimano ng altar, ito ay apat na siko
at ang malaking pasimano ay isang siko ang lawak. 15 Ang
sunugan sa altar ng mga sinusunog na alay ay apat na siko
ang taas at mayroong apat na sungay na nakaturo sa itaas
sa sunugan. 16 Labindalawang siko ang haba ng sunugan at
labindalawang siko ang lawak, isang parisukat. 17 Labing
apat na siko ang haba ng hangganan nito at labing apat
na siko ang lawak ng bawat isa sa apat nitong bahagi at
ang gilid nito ay kalahating siko ang lawak. Ang kanal ay
isang siko ang lawak sa buong palibot na may mga baitang
na nakaharap sa silangan.” 18 Pagkatapos, sinabi niya sa
akin, “Anak ng tao, sinasabi ito ng Panginoong Yahweh. Ito
ang mga alituntunin para sa altar sa araw na gawin nila ito,
para sa paghahandog ng mga alay na susunugin dito at
para sa pagwiwisik ng dugo dito. 19 Ikaw ay magbibigay ng
toro mula sa mga baka bilang alay para sa kasalanan sa
mga paring Levita na mga kaapu-apuhan ni Zadok, ang mga
lumalapit sa akin upang paglingkuran ako. Ito ang pahayag
ng Panginoong Yahweh. 20 Pagkatapos, ikaw ay kukuha
ng kaunting dugo nito at ilalagay ito sa apat na sungay ng
altar, sa apat na sulok ng dulo nito at sa gilid sa palibot nito.
Lilinisin mo ito at gagawing kabayaran para sa kasalanan.
21 Pagkatapos, kunin mo ang toro para sa alay para sa
kasalanan at sunugin mo ito sa inilaang bahagi ng templo sa
labas ng santuwaryo. 22 At sa ikalawang araw, ikaw ay mag-
aalay ng lalaking kambing na walang kapintasan mula sa
mga kambing bilang handog para sa kasalanan. Lilinisin ng
mga pari ang altar gaya ng paglilinis nila sa pamamagitan
ng toro. 23 Kapag natapos mo ang paglilinis dito, mag-alay
ka ng walang kapintasang toro mula sa mga baka at walang
kapintasang lalaking tupa mula sa kawan. 24 Ialay mo ang
mga ito kay Yahweh, sasabuyan ng mga pari ang mga ito ng
asin at itataas nila ang mga ito kay Yahweh bilang alay na
susunugin. 25 Ikaw ay dapat maghanda ng lalaking tupa
bilang alay para sa kasalanan araw-araw sa loob ng pitong
araw at dapat ding maghanda ang mga pari ng walang
kapintasang toro mula sa mga baka at walang kapintasang
lalaking tupa mula sa kawan. 26 Dapat silang mag-alay
para sa altar sa loob ng pitong araw at dalisayin ito at sa
ganitong paraan dapat nila itong gawing banal. 27 Dapat
nilang buuin ang mga araw na ito, sa ikawalong araw at sa
susunod pang araw ay mangyayaring ihahanda ng mga pari
ang inyong mga alay na susunugin at ang inyong mga alay
para sa kapayapaan sa altar at tatanggapin ko kayo. Ito ang
pahayag ng Panginoong Yahweh.”

**44** At dinala ako ng lalaki pabalik sa panlabas na
santuwaryong tarangkahan na nakaharap sa silangan,

mahigpit itong isinara. 2 Sinabi sa akin ni Yahweh, “Mahigpit
na isinara ang tarangkahang ito at hindi ito mabubuksan.
Walang taong makakadaan dito, sapagkat dumaan dito si
Yahweh na Diyos ng Israel, kaya mahigpit itong isinara. 3
Uupo sa loob nito ang pinuno ng Israel upang kumain sa
harapan ni Yahweh. Papasok siya sa pamamagitan ng daan
sa tarangkahan ng portiko at lalabas sa daan din na iyon.”
4 Pagkatapos, dinala niya ako sa daanang nasa hilagang
tarangkahan na nakaharap sa tahanan. Kaya tumingin ako
at pinagmasdan, napuno ng kaluwalhatian ni Yahweh ang
kaniyang tahanan at nagpatirapa ako! 5 At sinabi sa akin ni
Yahweh, “Anak ng tao, ihanda mo ang iyong puso, tumingin
ka at makinig sa lahat ng mga ipipapahayag ko sa iyo, sa
lahat ng mga batas sa tahanan ni Yahweh at sa lahat ng
mga panuntunan nito. Isipin mo ang tungkol sa mga pasukan
at mga labasan ng tahanan. 6 At sabihin mo sa mga suwail
na sambahayan ng Israel, 'Sinasabi ito ng Panginoong
Yahweh: Itigil na ninyo ang inyong mga kasuklam-suklam
na gawain, sambahayang Israel— 7 na dinala ninyo ang
mga dayuhang hindi tuli ang mga puso at hindi tuli sa laman
upang pumunta sa aking santuwaryo at lapastanganin ito—
ang aking tahanan! — Habang dinadala ninyo sa akin ang
aking tinapay, taba at dugo— sinusuway ninyo ang aking
tipan sa pamamagitan ng inyong mga kasuklam-suklam
na gawain. 8 Hindi ninyo ginampanang mabuti ang inyong
mga tungkulin sa akin. Sa halip, ibinigay ninyo sa iba ang
tungkuling pangalagaan ang aking banal na lugar. 9 Sinasabi
ito ng Panginoong Yahweh: Walang maaaring pumasok sa
aking santuwaryo sa sinuman sa mga dayuhang iyon na
nasa kalagitnaan ng mga tao ng Israel na mga hindi tuli
sa puso at laman. 10 Ngunit ang mga Levitang lumayo
sa akin nang malihis ang Israel, mga taong lumihis sa
akin upang sumamba sa kanilang mga diyus-diyosan—
ngayon magbabayad sila sa kanilang kasalanan. 11 Mga
lingkod sila sa aking santuwaryo, nagbabantay sa mga
tarangkahan at naglilingkod sa tahanan. Kinakatay nila ang
mga alay na susunugin at mga handog ng mga tao; tumatayo
sila sa harapan nila upang paglingkuran sila. 12 Ngunit
dahil nagsagawa sila ng mga paghahandog sa harapan ng
kanilang mga diyus-diyosan, naging mga katitisuran sila
nang kasalanan para sa sambahayan ng Israel. Kaya itataas
ko ang aking kamay upang sumumpa nang isang pangako
laban sa kanila na magbabayad sila para sa kanilang
kasalanan! Ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh. 13 Hindi
sila makakalapit sa akin upang kumilos bilang aking mga pari
o makakalapit sa anuman sa aking mga banal na bagay, sa
mga kabanal-banalang mga bagay! Sa halip, dadalhin nila
ang kanilang kahihiyan at ang kanilang mga pagkakasala
dahil sa mga kasuklam-suklam na gawaing kanilang ginawa.
14 Ngunit itatalaga ko sila bilang tagapangasiwa ng mga
gawain sa tahanan para sa lahat ng mga tungkulin at lahat
ng mga ginagawa rito. 15 At ang mga paring Levita na mga
anak na lalaki ni Zadok ang tumupad sa mga tungkulin ng
aking santuwaryo nang lumilihis sa pagsunod sa akin ang
mga Israelita— lalapit sila sa akin upang sambahin ako at
tatayo sa aking harapan upang magdala ng taba at dugo sa
akin— ito ang pahayag ng Panginoong Yaweh. 16 Pupunta
sila sa aking santuwaryo; lalapit sila sa aking mesa upang
sambahin ako at upang tuparin ang kanilang mga tungkulin
sa akin. 17 Kaya mangyayari na kapag pumasok sila sa mga
tarangkahan ng panloob na patyo, kailangan nilang magsuot
ng mga linong damit, sapagkat hindi sila dapat pumasok sa
loob na nakasuot ng lana sa mga tarangkahan ng panloob
na patyo at sa tahanang ito. 18 Kailangang mayroong mga
linong turbante sa kanilang mga ulo at linong pamigkis sa
kanilang mga balakang. Hindi sila dapat magsuot ng mga
damit na nagpapapawis sa kanila. 19 Kapag lumabas sila sa
panlabas na patyo upang pumunta sa mga tao, kailangan
nilang hubarin ang damit na isinuot nila nang maglingkod
sila; dapat nilang hubarin ang mga ito at ilagay sa isang
banal na silid, upang hindi nila gawing banal ang ibang mga
tao sa pamamagitan ng pagsagi sa kanilang natatanging
kasuotan. 20 Hindi rin nila dapat ahitin ang kanilang mga
ulo, ni hayaang nakalugay ang kanilang buhok, ngunit dapat
nilang gupitin ang kanilang buhok sa kanilang mga ulo. 21
Walang pari ang maaaring uminom ng alak kapag pumunta
siya sa panloob na patyo, 22 ni kumuha ng isang balo o
isang babaeng hiwalay sa asawa bilang kaniyang asawa,
ngunit isang birhen lamang mula sa hanay ng sambahayan
ng Israel o isang balo na dating asawa ng isang pari. 23
Sapagkat ituturo nila sa aking mga tao ang pagkakaiba sa
pagitan ng banal at hindi banal. Ipapaalam nila sa kanila
ang pagkakaiba ng marumi at malinis. 24 Sa isang alitan,
mamamagitan sila upang humatol sa pamamagitan ng
aking mga atas at dapat silang maging makatarungan. At
pananatilihin nila ang aking mga kautusan at ang aking
mga batas sa bawat pista at ipagdiriwang nila ang aking
mga banal na Araw ng Pamamahinga. 25 Hindi sila dapat
pumunta sa isang patay na tao upang maging marumi,
maliban lamang kung ama o ina nila ito, anak na lalaki o
anak na babae, kapatid na lalaki o kapatid na babae na
hindi pa nakisiping sa isang lalaki; dahil kung hindi, magiging
marumi sila. 26 Pagkatapos maging marumi ng isang pari,
magbibilang ang mga tao ng pitong araw para sa kaniya.
27 Bago ang araw ng pagpunta niya sa banal na lugar, sa
panloob na patyo upang maglingkod sa banal na lugar,
dapat siyang magdala ng isang handog dahil sa kasalanan
para sa kaniyang sarili— Ito ang pahayag ng Panginoong

Yahweh. **28** At ito ang kanilang mana: Ako ang magiging
mana nila! Kaya hindi ninyo dapat sila bigyan ng ari-arian sa
Israel; Ako ang kanilang ari-arian! **29** Kakainin nila ang mga
handog na pagkain, ang mga handog dahil sa kasalanan
at ang mga handog dahil sa pagkakasala; magiging pag-
aari nila ang lahat ng mga bagay na inilaan kay Yahweh sa
Israel. **30** Ang pinakamainam na mga unang bunga ng lahat
ng mga bagay at ang bawat ambag, anumang bagay na
magmumula sa lahat ng inyong mga ambag ay magiging
pag-aari ng mga pari, at ibibigay ninyo ang pinakamainam
ninyong handog na pagkain sa mga pari upang manatili ang
pagpapala sa inyong tahanan. **31** Hindi kakain ang mga pari
ng anumang patay na hayop o hayop na ginutay-gutay ng
mabangis na hayop, maging ibon o mabangis na hayop.

**45** Kapag nagpalabunutan kayo upang paghatian ang
lupain bilang isang mana, dapat kayong gumawa ng
isang handog kay Yahweh. Magiging isang banal na bahagi
ng lupain ang handog na ito na dalawampu't limanglibong
siko ang haba at sampung libong siko ang lawak. Magiging
banal ang lahat ng lugar na nakapalibot dito. **2** Mula dito,
magkakaroon ng limang daang siko ang haba at limang
daang sikong parisukat ang lawak na nakapalibot sa banal
na lugar na may hangganang limampung siko ang lawak.
**3** Mula sa lugar na ito, susukat kayo ng isang bahagi na
dalawampu't limang libong siko ang haba at sampung libo
ang lawak. Magiging isang banal na lugar ito para sa inyo,
isang kabanal-banalang lugar. **4** Magiging isang banal na
lugar ito sa lupain para sa mga paring naglilingkod kay
Yahweh, ang mga lumapit kay Yahweh upang maglingkod
sa kaniya. Magiging isang lugar ito para sa kanilang mga
tahanan at isang banal na bahagi para sa banal na lugar. **5**
Kaya magiging dalawampu't limang libong siko ang haba
at sampung libong siko ang lawak nito, at magiging para
sa bayan ito ng mga Levitang naglilingkod sa tahanan.
**6** Maglalaan kayo ng isang bahagi para sa lungsod na
limang libong siko ang lawak at dalawampu't limang libong
siko ang haba, iyan ang magiging kasunod sa bahagi na
nakalaan para sa banal na lugar. Magiging pag-aari ng
buong sambahayan ng Israel ang lungsod na ito. **7** Dapat
nasa magkabilang gilid ng lugar na nakalaan para sa banal
na lugar at lungsod ang lupain ng mga prinsipe. Nasa
dakong kanluran at sa dakong silangan ng mga ito. Tutugma
ang haba nito sa haba ng isa sa mga bahaging iyon, mula
sa kanluran hanggang sa silangan. **8** Magiging pag-aari ng
prinsipe ng Israel ang lupaing ito. Hindi na kailanman aapihin
ng aking mga prinsipe ang aking mga tao; sa halip, ibibigay
nila ang lupain sa sambahayan ng Israel para sa kanilang
mga tribu. **9** Sinasabi ito ng Panginoong Yahweh: Tama
na para sa inyong mga prinsipe ng Israel! Alisin na ninyo
ang karahasan at pag-aawayan, gawin ang makatarungan
at makatuwiran! Itigil na ninyo ang pagpapalayas sa aking
mga tao! —Ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh. **10**
Dapat magkaroon kayo ng tamang mga timbangan, tamang
mga efa at tamang mga bath! **11** Magiging pantay ang
dami ng efa at bath upang magiging ikasampu ng isang
homer ang isang bath at magiging ikasampu ng isang homer
ang efa. Dapat tumugma sa homer ang sukat ng mga ito.
**12** Magiging dalawampung gera ang siklo at gagawa ng
animnapung siklo ng isang mina para sa iyo. **13** Ito ang
ambag na dapat ninyong ibigay: ang ikaanim na bahagi
ng isang efa para sa bawat homer ng trigo, at magbibigay
kayo ng ikaanim na bahagi ng isang efa para sa bawat
homer ng sebada. **14** Ang alituntunin para sa paghahandog
ng langis ay magiging ikasampung bahagi ng isang bath
para sa bawat kor (na sampung bath) o para sa bawat
homer, sapagkat sampung bath din ang isang homer. **15**
Gagamitin para sa anumang handog na susunugin o handog
pangkapayapaan bilang kabayaran para sa mga tao ang
isang tupa o kambing mula sa kawan sa bawat dalawang
daang hayop mula sa matubig na mga rehiyon ng Israel—ito
ang pahayag ng Panginoong Yahweh. **16** Ibibigay ng lahat
ng mga tao sa lupain ang ambag na ito sa prinsipe sa Israel.
**17** Magiging tungkulin ng prinsipe na magbigay ng mga
hayop para sa mga alay na susunugin, mga handog na
butil, mga handog na inumin sa mga pagdiriwang at ang
mga pagdiriwang ng Bagong Buwan, at sa mga Araw ng
Pamamahinga—sa lahat ng mga itinakdang pagdiriwang ng
sambahayan ng Israel. Magbibigay siya ng mga handog
dahil sa kasalanan, mga handog na butil, mga handog
na susunugin at mga handog pangkapayapaan para sa
kabayaran sa kapakanan ng sambahayan ng Israel. **18**
Sinasabi ito ng Panginoong Yahweh: Sa unang buwan,
sa unang araw ng unang buwan, kukuha kayo ng isang
torong walang kapintasan mula sa kawan at magsagawa ng
isang paghahandog dahil sa kasalanan para sa santuwaryo.
**19** Kukuha ang pari ng kaunting dugo ng handog dahil sa
kasalanan at ilalagay niya ito sa mga haligi ng pintuan
ng tahanan at sa apat na sulok ng hangganan ng altar,
at sa mga haligi ng pintuan ng tarangkahan sa panloob
na patyo. **20** Gagawin ninyo ito sa ikapito ng buwan para
sa bawat taong nagkasala ng hindi sinasadya o dahil sa
kamangmangan; sa paraang ito, malilinis ninyo ang templo.
**21** Sa ikalabing apat na araw ng unang buwan, magkakaroon
sa inyo ng isang pagdiriwang, pitong araw na pagdiriwang.
Kakain kayo ng tinapay na walang pampaalsa. **22** Sa araw na
iyon, maghahanda ang prinsipe ng isang toro bilang handog
dahil sa kasalanan, para sa kaniyang sarili at para sa lahat
ng tao sa lupain. **23** Para sa pitong araw ng pagdiriwang,

maghahanda ang prinsipe ng handog na susunugin para kay
Yahweh: pitong toro at pitong walang kapintasang lalaking
tupa sa bawat araw para sa pitong araw, at isang lalaking
kambing sa bawat araw bilang handog dahil sa kasalanan.
**24** Pagkatapos, magsasagawa ang prinsipe ng isang handog
na pagkain ng isang efa para sa bawat toro at isang efa
para sa bawat lalaking tupa kasama ang isang hin ng langis
para sa bawat efa. **25** Sa ika labinlimang araw ng ikapitong
buwan, sa pagdiriwang, magsasagawa ang prinsipe ng mga
paghahandog sa pitong araw na ito: mga handog dahil sa
kasalanan, mga handog na susunugin, handog na pagkain
at mga handog na langis.

**46** Sinabi ito ng Panginoong Yahweh: Isasara sa loob
ng anim na araw ng pagtatrabaho ang tarangkahan
ng panloob na patyo na nakaharap sa silangan, ngunit
bubuksan ito sa Araw ng Pamamahinga at sa araw ng
Bagong Buwan. **2** Papasok ang prinsipe sa panlabas na
patyo sa pamamagitan ng daan sa tarangkahan at sa portiko
nito mula sa labas, at tatayo siya sa harapan ng mga haligi
ng pintuan ng panloob na tarangkahan habang isinasagawa
ng mga pari ang kaniyang handog na susunugin at handog
pangkapayapaan. Pagkatapos, sasamba siya sa pasukan
ng panloob na tarangkahan at lalabas siya, ngunit hindi
isasara ang tarangkahan hanggang gabi. **3** Sasamba rin ang
mga tao ng lupain sa harapan ni Yahweh sa pasukan ng
tarangkahang ito sa mga Araw ng Pamamahinga at mga
Bagong Buwan. **4** Ang handog na susunugin na iaalay
ng prinsipe kay Yahweh sa Araw ng Pamamahinga ay
anim na walang kapintasang mga kordero at isang walang
kapintasang lalaking tupa. **5** Ang handog na butil kasama
ng lalaking tupa ay magiging isang efa at ang handog na
butil na kasama ng mga kordero ay kung ano lamang ang
naisin niyang ibigay at isang hin ng langis sa bawat efa ng
butil. **6** Sa araw ng Bagong Buwan, dapat mag-alay kayo
ng isang walang kapintasang toro mula sa isang kawan,
anim na kordero, at isang walang kapintasang lalaking
tupa. **7** Dapat siyang gumawa ng handog na butil ng isang
efa sa toro at isang efa sa lalaking tupa, at kung anuman
ang naisin niyang ibigay sa mga kordero at isang hin ng
langis para sa bawat efa ng butil. **8** Kapag pumasok ang
prinsipe sa pamamagitan ng daan sa tarangkahan at sa
portiko nito, dapat siyang lumabas sa daanan din na iyon. **9**
Ngunit kapag pumunta ang mga tao ng lupain sa harapan
ni Yahweh sa mga itinalagang pagdiriwang, ang sinumang
papasok sa tarangkahang nasa hilaga upang sumamba
ay dapat umalis sa pamamagitan ng tarangkahang nasa
timog; at ang sinumang papasok sa tarangkahang nasa
timog ay dapat umalis sa pamamagitan ng tarangkahang
nasa hilaga. Walang sinuman ang maaaring bumalik sa
tarangkahan kung saan siya pumasok sapagkat dapat siyang
lumabas nang tuwiran. **10** At dapat nasa kalagitnaan nila ang
prinsipe. Kapag pumasok sila, dapat din siyang pumasok at
kapag umalis sila, dapat din siyang umalis. **11** At sa mga
pagdiriwang, ang handog na butil ay dapat isang efa ng
butil para sa toro at isang efa sa lalaking tupa at anumang
naisin niyang ibigay sa mga kordero, at isang hin ng langis
para sa bawat efa. **12** Kapag nagbigay ang prinsipe ng
isang kusang handog, maging isang handog na susunugin
man o handog pangkapayapaan kay Yahweh, dapat niyang
buksan ang tarangkahang nakaharap sa silangan para
dito, at magsagawa ng kaniyang handog na susunugin at
ng kaniyang handog pangkapayapaan gaya ng kaniyang
ginagawa sa Araw ng Pamamahinga. Pagkatapos, dapat
siyang lumabas at isara ang tarangkahan pagkatapos niyang
makalabas. **13** Magbibigay rin kayo araw-araw ng isang
walang kapintasang kordero na isang taong gulang bilang
handog na susunugin para kay Yahweh. Gagawin ninyo ito
tuwing umaga. **14** At magbibigay kayo ng isang handog na
butil kasama nito tuwing umaga, ikaanim na bahagi ng isang
efa at ikatlong hin ng langis upang basain ang harina ng
handog na butil para kay Yahweh, ayon sa panuntunang
hindi maaaring baguhin. **15** Ihahanda nila ang kordero, ang
handog na butil at ang langis tuwing umaga bilang isang
permanenteng handog na susunugin. **16** Sinasabi ito ng
Panginoong Yahweh: Kung magbibigay man ang prinsipe ng
isang kaloob sa sinuman sa kaniyang mga anak na lalaki, ito
ay kaniyang mana. Isang mana ito at magiging ari-arian ito
ng kaniyang mga anak na lalaki. **17** Ngunit kung magbibigay
siya ng isang kaloob sa isa sa kaniyang mga lingkod mula sa
kaniyang mana, kung gayon, magiging pag-aari ito ng lingkod
hanggang sa taon ng kaniyang kalayaan, at pagkatapos
maibabalik ito sa prinsipe. Tiyak na para lamang sa kaniyang
mga anak na lalaki ang kaniyang mana. **18** Hindi kukunin
ng prinsipe ang mana ng mga tao mula sa kanilang mga
sariling ari-arian; dapat siyang magbigay para sa kaniyang
mga anak na lalaki mula sa kaniyang sariling ari-arian upang
hindi magkahiwalay ang aking mga tao, ang bawat tao mula
sa kaniyang sariling ari-arian.'" **19** Pagkatapos, dinala ako
ng lalaki sa pasukan ng tarangkahang patungo sa mga
banal na silid para sa mga pari na nakaharap sa hilaga at
pinagmasdan ko! May isang lugar sa gawing kanluran. **20**
Sinabi niya sa akin, "Ito ang lugar kung saan dapat pakuluan
ng mga pari ang handog sa pagkakasala, ang handog dahil
sa kasalanan at kung saan nila dapat lutuin ang handog na
butil. Hindi nila dapat ilabas ang mga ito sa panlabas na
patyo upang ilaan ang mga tao kay Yahweh." **21** At dinala
niya ako sa panlabas na patyo at sinamahan niya akong
dumaan sa apat na sulok ng patyong iyon, at nakita ko na

sa bawat sulok ng patyo, may iba pang mga patyo. 22 Sa
apat na sulok ng panlabas na patyo, may apat na sulok na
mga patyo na apatnapung siko ang haba at tatlumpu ang
lawak. Magkakapareho ang mga sukat para sa lahat ng apat
na sulok ng mga patyo. 23 Mayroong isang hilera sa buong
paligid ng apat na ito na gawa sa bato, at nasa ilalim ng
hilera ng bato ang mga lutuang sunungan. 24 Sinabi sa akin
ng lalaki, "Ito ang mga lugar kung saan pakukuluan ng mga
lingkod ng templo ang alay ng mga tao."

**47** At dinala ako ng lalaki pabalik sa pasukan ng templo
at masdan ninyo! Umaagos ang tubig mula sa ilalim ng
bungad ng tahanan ng templo sa gawing silangan, sapagkat
nakaharap sa silangan ang harapan ng templo at umaagos
ang tubig sa gawing timog ng templo, sa may kanan ng altar.
2 Kaya dinala niya ako palabas sa hilagang tarangkahan at
hinatid sa palibot ng tarangkahan na nakaharap sa silangan.
Masdan ninyo, umaagos ang tubig mula sa tarangkahang
ito sa gawing timog nito. 3 Habang naglalakad ang lalaki
patungong silangan, mayroong isang panukat na lubid sa
kaniyang kamay, sumukat siya ng isang libong siko at dinala
ako sa tubig na hanggang bukung-bukong ang lalim. 4 At
sumukat siyang muli ng isang libong siko at dinala ako sa
tubig na hanggang tuhod ang lalim at sumukat siya muli
ng isang libong siko at dinala ako sa tubig na hanggang
balakang ang lalim. 5 Pagkatapos sumukat pa siya ng isang
libong siko ng mas malayo, dito isa na itong ilog na hindi ko
kayang tawirin, napakalalim nito. Kailangan lamang itong
languyin ng sinuman. 6 Sinabi sa akin ng lalaki: "Anak
ng tao, nakikita mo ba ito?" at dinala niya ako palabas
at sinamahan ako sa paglalakad pabalik sa tabing-ilog. 7
Habang naglalakad ako pabalik, masdan ninyo, mayroon ng
maraming puno sa bahaging ito ng tabing-ilog at pati na rin
sa kabilang bahagi. 8 Sinabi ng lalaki sa akin: "Ang tubig
na ito ay lalabas sa lupaing sakop ng silangan at bababa
sa Araba, dadaloy ang tubig na ito sa Dagat na Maalat at
maibabalik ang kasariwaan nito. 9 Nag-uumpukan ang bawat
nabubuhay na nilalang kung saan pumupunta ang tubig,
magkakaroon ng maraming isda sapagkat dumadaloy roon
ang mga tubig na ito. Gagawin nitong sariwa ang tubig alat.
Mabubuhay ang lahat kung saan dumadaloy ang ilog. 10 At
mangyayari na tatayo sa tabi ng tubig ang mga mangingisda
ng En-gedi at magkakaroon ng isang lugar na patuyuan ng
mga lambat sa En-eglaim. Magkakaroon ng maraming uri ng
isda sa Dagat na Maalat, tulad ng isda sa Malaking Dagat
para sa kanilang kasaganaan. 11 Ngunit hindi magiging
sariwa ang mga latian at mga ilat ng Dagat na Maalat, ito
ang mga magiging tagapagbigay ng asin. 12 Sa tabi ng ilog
sa mga pampang nito, sa magkabilang dako, tutubo ang
lahat ng uri ng puno na nakakain ang bunga. Hindi malalanta
ang mga dahon nito at hindi kailanman titigil sa pamumunga
ang mga ito. Mamumunga ang mga puno sa bawat buwan,
yamang nanggaling sa Santuwaryo ang tubig ng mga ito.
Magiging pagkain ang mga bunga nito at magiging gamot
ang mga dahon nito. 13 Ito ang sinasabi ng Panginoong
Yahweh: Ito ang magiging paraan ng paghati ninyo sa lupain
para sa labin-dalawang tribo ng Israel: Magkakaroon ng
dalawang bahagi si Jose. 14 At ikaw, bawat tao at kapatid
na lalaki sa inyo ang magmamana nito. Gaya ng pagtaas ko
ng aking kamay upang sumumpang ibigay ito sa inyong
mga ama, sa parehong paraan na itong lupain ang naging
inyong mana. 15 Ito ang magiging hangganan ng lupain sa
hilagang bahagi mula sa Malaking Dagat papuntang Hetlon
at sa Lebo Hamat hanggang Sedad. 16 At ang hangganan
ay aabot sa Berota hanggang Sibraim na nasa pagitan ng
Damasco at Hamat, hanggang Haser-hatticon na malapit sa
hangganan ng Hauran. 17 Kaya ang hangganan ay aabot
mula sa dagat hanggang Hazar-enon sa hangganan ng
Damasco at Hamat hanggang sa hilaga. Ito ang magiging
hilagang bahagi. 18 Sa silangang bahagi, sa pagitan ng
Hauran at Damasco at sa pagitan ng Gilead at sa lupain
ng Israel ang magiging Ilog Jordan. Aabot hanggang sa
Tamar ang hangganang ito. 19 At ang bahaging timog: sa
timog ng Tamar hanggang sa katubigan ng Meriba-kades,
ang batis sa Egipto hanggang sa Malaking Dagat at sa
katimugang bahagi patungo sa timog. 20 At ang hangganan
ng kanluranin ay ang Malaking Dagat hanggang sa kung
saan pumupunta ito sa kabila ng Hamat. Ito ang magiging
kanluraning bahagi. 21 Sa ganitong paraan ninyo hahatiin
ang lupaing ito para sa inyong mga sarili, para sa mga tribo
ng Israel. 22 At mangyayari na magpapalabunutan kayo
para sa mga mana para sa inyong mga sarili at para sa mga
dayuhan na nasa inyong kalagitnaan, ang mga nagsilang
ng mga bata sa inyong kalagitnaan at nakasama ninyo,
tulad ng mga katutubong naipanganak na mga tao ng Israel.
Magpapalabunutan kayo para sa mga mana sa mga tribo ng
Israel. 23 At mangyayari na makakasama ng dayuhan ang
tribo kung saan siya nakikitira. Dapat ninyo siyang bigyan ng
mana. Ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh."

**48** Ito ang mga pangalan ng mga tribo. Ang tribo ng Dan
ay makakatanggap ng isang bahagi ng lupain: ang
hangganan nito ay aabot sa tabi ng hangganan sa hilaga ng
Israel papunta sa Hethlon at Lebo Hamat. Ang hangganan
nito ay aabot hanggang sa Hazar-enan at sa mga hangganan
ng Damasco hanggang sa hilaga at hanggang sa Hamat.
Ang hangganan ng Dan ay aabot mula sa timog hanggang
sa Dagat ng Mediteraneo. 2 Isang bahagi ng lupain sa
timog ng hangganan ng Dan ang magiging lupain ng Aser
na aabot mula sa silangan hanggang sa kanluran. 3 Sa

timog ng hangganan ng Aser ay magiging isang bahagi ng
Neftali mula sa silangang bahagi hanggang sa kanlurang
bahagi. **4** Ang hangganan ng timog ng Neftali ang magiging
isang bahagi ng Manases na mula sa silangang bahagi
hanggang sa kanlurang bahagi. **5** Sa timog ng hangganan
ng Manases mula sa dakong silangang hanggang sa dakong
kanluran ang magiging isang bahagi ng Efraim. **6** Sa timog
ng hangganan ng Efraim mula sa dakong silangan hanggang
sa dakong kanluran ang magiging isang bahagi ng Ruben. **7**
Sa tabi ng hangganan ni Ruben mula sa dakong silangan
hanggang sa dakong kanluran ang magiging isang bahagi
ng Juda. **8** Ang handog na lupain na inyong gagawin
ay sa tabi ng hangganan ng Juda at pinalawak mula sa
dakong silangan hanggang sa dakong kanluran at magiging
dalawampu't-limang libong siko ang lawak. Tumutugma
ang haba nito sa isang bahagi ng tribo mula sa dakong
silangan hanggang sa dakong kanluran at ang templo ang
magiging gitna nito. **9** Itong lupain na ihahandog ninyo kay
Yahweh ay dalawampu't-limang libong siko ang haba at
sampung libong siko ang luwang. **10** Ito ang mga nakatakda
para sa bahaging ito ng banal na lupain: magkakaroon ng
lupain ang mga pari na maitatalaga sa kanila na may sukat
na dalwampu't-limang libong siko ang luwang sa dakong
hilaga, sampung libong siko ang luwang sa dakong kanluran,
sampung libong siko ang luwang sa dakong silangan at
dalawampu't-limang libong siko ang haba sa dakong timog
na nasa gitna nito ang banal na lugar ni Yahweh. **11** Ito
dapat ang para sa mga tao na inilaan kay Yahweh: ang mga
pari sa lahi ni Zadok na matapat na naglingkod sa akin na
hindi naligaw nang naligaw ang mga tao ng Israel, gaya
ng ginawa ng mga Levita. **12** Ang handog para sa kanila
ay magiging isang bahagi nitong pinakabanal na lupain na
palalawakin hanggang sa hangganan ng mga Levita. **13**
Ang lupain ng mga Levita sa tabi ng hangganan kasama
ang lupain ng mga pari ay magiging dalawampu't-limang
libong siko ang haba at sampung libong siko ang lawak. Ang
kabuuang haba ng dalawang sukat ng lupain ay magiging
dalawampu't-limang libong siko at dalawampung libong siko
ang lawak. **14** Hindi nila ito dapat ibenta o ipagpalit, wala sa
unang mga bunga ng lupain ng Israel ang dapat maihiwalay
mula sa mga sukat nito, sapagkat lahat ng ito ay banal
kay Yahweh. **15** Ang natitirang lupain na limang-libong siko
ang lawak at dalawampu't limang libong siko ang haba ay
para sa karaniwang kagamitan ng lungsod, mga tahanan
at ang pastulan. Ang lungsod ang nasa gitna nito. **16** Ito
ang magiging mga sukat ng lungsod: ang dakong hilaga
ay magiging 4, 500 siko ang haba, ang dakong timog ay
magiging 4, 500 siko ang haba, ang dakong silangan ay
magiging 4, 500 siko ang haba at ang dakong kanluran ay
magiging 4, 500 siko ang haba. **17** Magkakaroon ng pastulan
para sa lungsod sa dakong hilaga, na may 250 siko ang
lalim, sa timog na may 250 siko ang lalim, sa silangan na
may 250 siko ang lalim at sa kanluran na may 250 siko ang
lalim. **18** Pahahabain ng sampung libong siko sa silangan at
sampung libong siko sa kanluran ang natitirang sukat ng
banal na handog. Pahahabain ito sa tabi ng hangganan ng
banal na handog at ang bunga nito ang magiging pagkain
para sa mga nagtatrabaho sa lungsod. **19** Sasakahin ang
lupaing iyon ng mga tao na kabilang sa buong tribo ng
Israel, mga tao na siyang nagtatrabaho sa lungsod. **20** Lahat
ng handog na lupain ay may sukat na dalawampu't limang
libong siko ang haba at dalawampu'tlimang libong siko ang
luwang. Sa paraang ito gagawin ninyong isang lupain ang
handog na banal, gayun din ang lupaing para sa lungsod.
**21** Ang natitirang lupain sa magkabilang bahagi ng banal
na handog at ang bahagi ng lungsod ay para sa prinsipe.
Ang sukat ng lupain ng prinsipe sa silangan ay aabot ng
dalawampu't-limang libong siko mula sa hangganan ng banal
na handog hanggang sa silanganing hangganan at ang
kaniyang sukat sa kanluran ay palalawakin ng dalawampu't-
limang libong siko hanggang sa kanluraning hangganan. Sa
gitna nito ay ang banal na handog at ang banal na lugar
ng templo. **22** Ang lupain na palalawakin mula sa pag-aari
ng mga Levita at ang bahagi ng lungsod sa gitna nito ay
para sa prinsipe. Ito ay sa pagitan ng hangganan ng Juda
at hangganan ng Benjamin. Para sa prinsipe ang lupaing
ito. **23** Para sa mga natitirang tribo, aabot ang kanilang
mga bahagi mula dakong silangan hanggang sa dakong
kanluran. Makakatanggap ang Benjamin ng isang bahagi.
**24** Sa timog ng hangganan ng Benjamin na aabot mula sa
dakong silangan hanggang sa kanluran ang magiging isang
bahaging lupain ng Simeon. **25** Sa timog ng hangganan ng
Simeon na aabot sa dakong silangan hanggang sa kanluran
ang magiging isang bahagi ng lupain ng Issachar. **26** Sa
timog ng hangganan ng Issachar na aabot mula sa dakong
silangan hanggang sa dakong kanluran ang magiging isang
bahagi ng lupain ng Zebulun. **27** Sa timog ng hangganan
ng Zebulun na aabot mula sa dakong silangan hanggang
sa kanluran ang magiging isang bahagi ng lupain ng Gad.
**28** Ang katimugang hangganan ng Gad ay aabot mula sa
Tamar hanggang sa mga katubigan ng Meribat-cadesh
at mas malayo sa batis ng Egipto at sa Malaking Dagat.
**29** Magpapalabunutan kayo para sa lupaing ito at ito ang
magiging mana ng mga tribo ng Israel. Ito ang kanilang mga
magiging bahagi. Ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh.
**30** Ito ang magiging mga labasan mula sa lungsod: sa gawing
hilaga na may sukat na 4, 500 siko ang haba **31** ang tatlong
tarangkahan na nakapangalan sa mga tribo ng Israel: isang

tarangkahan para kay Ruben, isang tarangkahan para kay
Juda at isang tarangkahan para kay Levi. 32 May tatlong
tarangkahan sa gawing silangan na may sukat na 4, 500
siko ang haba: isang tarangkahan para kay Jose, isang
tarangkahan para kay Benjamin at isang tarangkahan para
kay Dan. 33 May tatlong tarangkahan sa gawing silangan na
may sukat na 4, 500 siko ang haba: isang tarangkahan para
kay Simeon, isang tarangkahan para kay Issachar at isang
tarangkahan para kay Zebulon. 34 May tatlong tarangkahan
sa gawing kanluran na may sukat na 4, 500 siko ang haba:
isang tarangkahan para kay Gad, isang tarangkahan para
kay Asher at isang tarangkahan para kay Nephtali. 35 Ang
lawak ng palibot ng lungsod ay labing-walong libong siko at
mula sa araw na iyon, ang magiging pangalan ng lungsod
ay “Naroon si Yahweh.”

# Daniel

1 Sa ikatlong taon ng paghahari ni Jehoiakim na hari ng
Juda, dumating si Nebucadnezar na hari ng Babilonia
sa Jerusalem at kinubkob ang lungsod upang putulin ang
lahat ng mga tulong para rito. 2 Binigyan ng Panginoon si
Nebucadnezar ng katagumpayan laban kay Jehoiakim na
hari ng Juda at ibinigay sa kaniya ang ilan sa mga sagradong
bagay mula sa tahanan ng Diyos. Dinala niya ang mga ito
sa lupain ng Babilonia, sa tahanan ng kaniyang diyos at
inilagay ang sagradong mga bagay sa kabang-yaman ng
kaniyang diyos. 3 At nakipag-usap ang hari kay Aspenaz,
ang kaniyang pinunong opisyal upang dalhin ang ilan sa
mga Israelita, sa maharlikang angkan at mga dakilang tao—
4 mga binatang walang kapintasan, kaakit-akit ang itsura, at
mahusay sa lahat ng karunungan, puno ng kaalaman at
pang-unawa at karapat-dapat na maglingkod sa palasyo
ng hari. Tuturuan niya sila ng panitikan at wika ng mga
taga-Babilonia. 5 At ibinilang sila ng hari ng bahagi sa
araw ng kaniyang mga pagkain at sa alak na kaniyang
iinumin. Sasanayin ang mga binatang ito sa tatlong taon at
pagkatapos, maglilingkod sila sa hari. 6 Kabilang sa mga
ito ay sina Daniel, Hananaias, Misael, at Azarias, ilan sa
mga tao ng Juda. 7 Binigyan sila ng mga pangalan ng
pinunong opisyal: tinawag si Daniel na Beltesazar, tinawag si
Hananias na Shadrac, si Misael na Meshac, at si Azarias na
Abednego. 8 Ngunit ipinasiya ni Daniel sa kaniyang isipan
na hindi niya dudungisan ang kaniyang sarili sa mga pagkain
ng hari o sa mga alak na kaniyang iniinom. Kaya humiling
siya ng pahintulot mula sa pinunong opisyal na hindi niya
maaaring dungisan ang kaniyang sarili. 9 Binigyang pabor at
habag ng Diyos si Daniel sa pamamagitan ng pagkakaroon
ng paggalang ng pinuno ng mga opisyal sa kaniya. 10 Sinabi
ng pinunong opisyal kay Daniel, “Natatakot ako sa aking
panginoong hari. Ipinag-utos ng hari kung ano ang inyong
kakainin at ang inyong iinumin. Bakit kailangan niyang
makita na mukhang mahina kayo kaysa sa mga binata na
kasing-edad ninyo? Pupugutan ako ng ulo ng hari dahil sa
inyo.” 11 At nakipag-usap si Daniel sa katiwala na siyang
itinalaga ng pinunong opisyal kina Daniel, Hananias, Misael
at Azarias. 12 Sinabi niya, “Nakikiusap ako na subukin mo
kami, ang iyong mga lingkod, sa sampung araw. Bigyan
mo lamang kami ng ilang mga gulay na makakain at tubig
upang inumin. 13 At ihambing ang aming itsura sa itsura ng
mga binatang nagsikain ng pagkain ng hari, at pakitunguhan
mo kami, na iyong mga lingkod, batay sa kung ano ang
iyong nakita.” 14 Kaya sumang-ayon ang tagapamahala
sa kaniya na gawin ito. At sinubukan niya sila sa loob ng
sampung araw. 15 At pagkatapos ng sampung araw ang
kanilang itsura ay naging mas malusog, at malakas ang
pangangatawan kaysa sa lahat ng mga binata na kumain
ng pagkain ng hari. 16 Kaya kinuha ng mga katiwala ang
kanilang mga pagkain at ang kanilang alak at binigyan
lamang sila ng mga gulay. 17 Para sa apat na binatang ito,
pinagkalooban sila ng Diyos ng kaalaman at maliwanag
na pagkaunawa sa lahat ng panitikan at karunungan at
nauunawaan ni Daniel ang lahat ng uri ng mga pangitain at
mga panaginip. 18 At sa pagtatapos ng araw na itinakda ng
hari upang sila ay dalhin, dinala sila ng pinunong opisyal
sa harapan ni Nebucadnezar. 19 Kinausap sila ng hari,
at sa kanilang lahat walang maihahalintulad kay Daniel,
Hananias, Misael, at Azarias. Nakatayo sila sa harap ng hari,
nakahandang paglingkuran siya. 20 At sa bawat katanungan
ng karunungan at pang-unawa na itinanong sa kanila ng
hari, nasumpungan niya na sila ay sampung beses na
mas mainam kaysa sa lahat ng salamangkero at ang mga
umaangking nakakausap ang mga patay na nasa kaniyang
buong kaharian. 21 Namalagi si Daniel hanggang sa unang
taon ng haring Ciro.

2 Sa ikalawang taon ng paghahari ni Nebucadnezar,
nagkaroon siya ng mga panaginip. Naguluhan ang
kaniyang isip, at hindi siya makatulog. 2 At ipinatawag ng hari
ang mga salamangkero at ang mga nagsasabing nakakausap
ang patay. Ipinatawag din niya ang mga mangkukulam at
matatalinong kalalakihan. Nais niya na sabihin nila sa kaniya
ang tungkol sa kaniyang mga panaginip. Kaya dumating sila
at tumayo sa harapan ng hari. 3 Sinabi ng hari sa kanila,
“Nagkaroon ako ng isang panaginip, at nababahala ang
aking isipan na malaman ang kahulugan ng panaginip.”
4 Pagkatapos, nagsalita ang matatalinong kalalakihan sa
wikang Aramaico, “Hari, mabuhay ka magpakailanman!
Sabihin mo ang panaginip sa amin, ang inyong mga lingkod
at ihahayag namin ang kahulugan.” 5 Sumagot ang hari sa
matatalinong kalalakihan, “Nalutas na ang usaping ito. Kung
hindi ninyo maihahayag ang panaginip sa akin at bigyang
kahulugan ito, pagpuputul-putulin ko ang inyong katawan at
gagawin kong tambakan ng basura ang inyong mga tahanan.
6 Ngunit kung sasabihin ninyo sa akin ang panaginip at
kahulugan nito, makakatanggap kayo ng mga kaloob mula
sa akin, isang gantimpala at dakilang karangalan. Kaya
sabihin ninyo sa akin ang panaginip at kahulugan nito.”
7 Sumagot silang muli at sinabi, “Hayaang sabihin ito sa
amin ng hari, ang kaniyang mga lingkod, ang panaginip at
sasabihin namin sa inyo ang kahulugan nito.” 8 Sumagot ang
hari, “Nakatitiyak ako na nangangailangan pa kayo ng mas
maraming panahon dahil nakita ninyo kung gaano katatag
ang aking pagpapasiya tungkol dito. 9 Ngunit kung hindi ninyo
sasabihin sa akin ang panaginip, may iisang hatol lamang

para sa inyo. Napagpasiyahan ninyong maghanda ng bulaan
at mapanlinlang na mga salita na sinang-ayunan ninyo upang
sabihin sa akin hanggang magbago ang aking isip. Kung
kaya, sabihin ninyo sa akin ang panaginip at pagkatapos
ay alam ko na mabibigyang kahulugan ninyo ito para sa
akin." **10** Sumagot ang matatalinong kalalakihan sa hari,
"Walang tao sa lupa ang may kakayanang matugunan ang
pangagailangan ng hari. Walang dakila at makapangyarihang
hari ang mangangailangan ng ganoong bagay mula sa
sinumang salamangkero, o mula sa sinumang umaangkin na
makipag-usap sa patay, o mula sa isang matalinong tao. **11**
Ang pangangalingan ng hari ay mahirap, at walang sinuman
ang makakapagsabi nito sa hari maliban sa mga diyos at
hindi sila naninirahan kabilang sa mga tao." **12** Ito ang
ikinagalit at labis na nagpagalit sa hari, at nagbigay siya ng
utos na lipulin ang lahat ng mga nasa Babilonia na kinikilala
sa kanilang karunungan. **13** Kaya nailabas ang kautusan.
Lahat ng mga nakilala sa kanilang karunungan ay nahatulan
ng kamatayan; hinanap din nila si Daniel at ang kaniyang
mga kaibigan upang mailagay din sila sa kamatayan. **14**
Pagkatapos, sumagot si Daniel ng may hinahon at mabuting
pagpapasiya kay Arioc na pinuno ng mga tagabantay ng
hari, na dumating upang patayin ang lahat ng mga nasa
Babilonia na kinikilala sa kanilang karunungan. **15** Tinanong
ni Daniel ang pinuno ng tagabantay ng hari, "Bakit pabigla-
bigla ang kautusan ng hari?" Kaya sinabi ni Arioc kay
Daniel ang nangyari. **16** Pagkatapos, pumasok si Daniel at
humiling ng kasunduan sa hari upang maiharap niya ang
pagpapaliwanag sa hari. **17** Pagkatapos, pumunta si Daniel
sa kaniyang tahanan at ipinaliwanag niya kay Hananias,
Misael, at Azarias kung ano ang nangyari. **18** Hinimok niya
sila na hanapin ang habag mula sa Diyos ng langit tungkol
sa hiwagang ito upang siya at sila ay hindi maaaring patayin
kasama ang mga natirang kalalakihan sa Babilonia na kilala
sa kanilang karunungan. **19** Nang gabing iyon, naihayag ang
lihim kay Daniel sa isang pangitain. At pinuri ni Daniel ang
Diyos ng kalangitan **20** at sinabi, "Purihin ang pangalan ng
Diyos ng walang hanggan at magpakailanman; sapagkat ang
karunungan at kapangyarihan ay sa kaniya. **21** Binabago
niya ang mga panahon at mga kapanahunan; tinatanggal
niya ang mga hari at inilalagay ang mga hari sa kanilang
mga trono. Nagbibigay siya ng karunungan sa matalino at
kaalaman sa mga mayroong pag-unawa. **22** Inihahayag niya
ang malalim at nakatagong mga bagay dahil alam niya ang
mga nasa kadiliman at ang liwanag ay nananahan sa kaniya.
**23** Diyos ng aking mga ninuno, pinasasalamatan at pinupuri
ko kayo para sa karunungan at kapangyarihan na ibinigay
ninyo sa akin. Ngayon, ipinaalam mo sa akin kung ano ang
aming ipinapanalangin sa iyo; ipinaalam mo sa amin ang
bagay na nagpapaalala sa hari." **24** Sa lahat ng mga ito,
pumunta si Daniel upang makipagkita kay Arioc, ang isa
na itinakda ng hari upang patayin ang lahat ng matatalino
sa Babilonia. Lumapit siya at sinabi sa kaniya, "Huwag
mong patayin ang matatalinong kalalakihan sa Babilonia.
Samahan mo ako sa harapan ng hari at sasabihin ko ang
kahulugan ng panaginip ng hari. **25** At dinala agad ni Arioc
si Daniel sa harapan ng hari at sinabi, "Natagpuan ko na
ang lalaki sa mga bihag ng Juda na makapaghahayag ng
kahulugan sa panaginip ng hari." **26** Sinabi ng hari kay
Daniel (na tinatawag na Beltesazar), "May kakayahan ka
bang sabihin sa akin ang panaginip na nakita ko at ang
kahulugan nito?" **27** Sumagot si Daniel sa hari at sinabi, "Ang
hiwagang pangagailangan ng hari ay hindi maihahayag sa
pamamagitan ng mga may karunungan, ni sa pamamagitan
ng mga nagsasabi na nakikipag-usap sa patay, ni sa mga
salamangkero, at hindi sa mga manghuhula. **28** Gayon
pa man, mayroong isang Diyos na naninirahan sa langit,
na naghahayag ng mga lihim, at ipinaalam niya sa iyo,
Haring Nebucadnezar kung ano ang mangyayari sa mga
darating na araw. Ang iyong panaginip at mga pangitain
ng iyong isip habang nakahiga ka sa iyong higaan ay ang
mga ito: **29** Para sa iyo, hari, ang iyong mga pag-iisip ay
dumating sa iyo sa iyong higaan kung ano ang mangyayari
sa panahong darating, at ang isang makapaghahayag ng
mga lihim na ipaalam sa iyo ay malapit ng mangyari. **30**
Para sa akin, hindi maihahayag ang lihim na ito sa akin
dahil sa anumang karunungan na mayroon ako higit pa sa
kahit sinong nabubuhay na tao. Inihayag ang lihim na ito
sa akin upang ikaw na hari ay maaaring maunawaan ang
kahulugan nito at upang maaari mong malaman ang mga
pag-iisip na nasa iyong kalooban. **31** Hari, tumingala ka at
nakita mo ang isang malaking imahen. Ang imaheng ito ay
napaka-makapangyarihan at maliwanag na nakatayo sa
iyong harapan. Kakila-kilabot ang liwanag nito. **32** Gawa sa
purong ginto ang ulo ng imahen. Gawa sa pilak ang dibib at
mga braso nito. Ang gitna at hita nito ay gawa sa tanso, **33**
at gawa sa bakal ang mga binti nito. Gawa sa pinaghalong
bakal at putik ang mga paa nito. **34** Tumingala ka, at natibag
ang isang bato, bagaman hindi sa pamamagitan ng mga
kamay ng tao, at tumama ito sa bakal at putik na paa ng
imahen at nabasag nila ito. **35** At magkakasabay na nabasag
ang bakal, putik, tanso, pilak at ginto nang pira-piraso at
naging parang dayami sa giikan sa tag-araw. Tinangay sila
ng hangin palayo at walang naiwang bakas sa kanila. Ngunit
ang batong tumama sa imahen ay naging malaking bundok
at pinuno nito ang buong mundo. **36** Ito ang iyong panaginip.
Ngayon, sasabihin na namin sa hari ang kahulugan. **37** Ikaw
hari, ay hari ng mga hari na siyang binigyan ng kaharian ng

Diyos sa langit, ang kapangyarihan, ang kalakasan, at ang
karangalan. 38 Ibinigay niya sa iyong kamay ang lugar kung
saan naninirahan ang mga tao. Ibinigay niya ang lahat ng
hayop sa parang at mga ibon sa kalangitan sa iyong kamay,
at ipinamahala niya ang lahat ng ito sa iyo. Ikaw ang gintong
ulo ng imahen. 39 Pagkatapos mo, isa pang kaharian ang
babangon na mas mababa sa iyo, at gayunman ang ikatlong
kaharian ng tanso ang mamamahala sa buong mundo. 40
Magkakaroon ng ikaapat na kaharian, kasintibay ng bakal,
dahil winawasak ng bakal ang ibang bagay nang pira-piraso
at dudurugin ang lahat ng bagay. Dudurugin niya ang lahat
ng mga bagay at wawasakin ang mga ito. 41 Tulad lamang
ng nakita mo, ang paa at mga daliri ng paa na bahagyang
gawa sa lutong putik at bahagyang gawa sa bakal, kaya
ito ay magiging nahating kaharian; ilan sa kalakasan ng
bakal ay naroon, tulad lamang ng nakita mong pinaghalong
bakal kasama ang malambot na putik. 42 Habang ang mga
daliri sa paa ay bahagyang gawa sa bakal at bahagyang
gawa sa putik, kaya ang kaharian ay bahagyang matibay at
bahagyang marupok. 43 Habang nakita mo na inihalo ang
bakal sa malambot na putik, kaya magkakahalo ang mga
tao; hindi na sila mananatiling magkasama, gaya ng bakal
na hindi inihahalo sa putik. 44 Sa mga panahon ng mga
haring iyon, magtatayo ang Diyos ng langit ng kaharian na
hindi kailanman mawawasak, ni masasakop ng ibang mga
tao. Dudurugin nito ang ibang mga kaharian nang pira-piraso
at maglalagay ng wakas sa kanilang lahat at mananatili ito
magpakailanman. 45 Gaya ng iyong nakita, isang batong
natibag sa bundok, ngunit hindi sa pamamagitan ng mga
kamay ng tao. Dinurog nito ang bakal, tanso, putik, pilak at
ginto nang pira-piraso. Ipinaalam sa iyo ng dakilang Diyos,
hari, ang mangyayari pagkatapos nito. Ang panaginip ay
totoo at ang pagpapaliwanag na ito ay maaasahan." 46
Nagpatirapa si Haring Nebucadnezar sa harap ni Daniel at
pinarangalan siya; iniutos niya na magsagawa ng handog
at ang insensong iyon ay maihandog sa kaniya. 47 Sinabi
ng hari kay Daniel, "Totoo na ang iyong Diyos ay Diyos
ng mga diyos, ang Panginoon ng mga hari, at ang siyang
naghahayag ng mga lihim, sapagkat may kakayahan kang
makapaghayag ng hiwagang ito." 48 Pagkatapos, binigyan
ng mataas na parangal ng hari si Daniel at binigyan siya ng
maraming kamangha-manghang mga kaloob. Ginawa niya
siyang pinuno sa buong lalawigan ng Babilonia. 49 Si Daniel
ang naging punong gobernador sa lahat ng matatalinong
kalalakihan ng Babilonia. Gumawa ng kahilingan si Daniel sa
hari, at hinirang ng hari sina Shadrac, Meshac at Abednego
na maging tagapangasiwa sa buong lalawigan ng Babilonia.
Ngunit nanatili si Daniel sa palasyo ng hari.

**3** Gumawa ng isang gintong imahen si Nebucadnezar na
animnapung siko ang taas at anim na siko ang lapad.
Ipinatayo niya ito sa Kapatagan ng Dura sa lalawigan ng
Babilonia. 2 Pagkatapos, nagpadala ng mga mensahe
si Nebucadnezar upang sama-samang tipunin ang mga
gobernador ng lalawigan, mga gobernador ng rehiyon at
lokal na mga gobernador kasama ng mga konsehal, mga
taga-ingat yaman, mga hukom, mga mahistrado at lahat
ng matataas na opisyal ng lalawigan upang pumunta sa
pagtatalaga ng imahen na kaniyang ipinatayo. 3 Pagkatapos,
ang mga gobernador ng lalawigan, mga gobernador ng
rehiyon at lokal na mga gobernador kasama ang mga
konsehal, mga tagapag-ingat yaman, mga hukom mga
mahistrado at lahat ng matataas na opisyal ng lalawigan
ay sama-samang nagtipon sa pagtatalaga ng imahen na
ipinatayo ni Nebucadnezar. Tumayo sila sa harapan nito. 4
At sumigaw ng malakas ang isang tagapamalita, "Inuutusan
kayo, mga tao, mga bansa at mga wika, 5 sa oras na marinig
ninyo ang tunog ng mga tambuli, mga plauta, mga sitar, mga
lira, mga alpa at mga saltero at lahat ng uri ng instrumentong
panugtog, magpatirapa kayo at magsisamba sa harapan ng
gintong imahen na ipinatayo ni Haring Nebucadnezar. 6
Sinuman ang hindi magpatirapa at sumamba sa sandaling
iyon ay itatapon sa naglalagablab na pugon." 7 Kaya nang
marinig ng mga tao ang mga tunog ng mga tambuli, mga
plauta, mga sitar, mga lira, mga alpa at mga saltero at lahat
ng uri ng instrumentong panugtog, ang lahat ng mga tao, mga
bansa at mga wika ay nagpatirapa at nagsisamba sa harapan
ng gintong imahen na ipinatayo ni haring Nebucadnezar. 8
Ngayon, sa panahong ito dumating ang ilan sa mga taga-
Caldeo at nagdala ng mga paratang laban sa mga Judio. 9
Sinabi nila kay haring Nebucadnezar, "Hari, mabuhay ka
magpakailanman! 10 Ikaw, na hari ay gumawa ng kautusan
na ang bawat tao na makakarinig ng tunog ng mga tambuli,
mga plauta, mga sitar, mga lira, mga alpa at mga saltero at
lahat ng uri ng instrumentong panugtog ay magpatirapa at
dumapa sa harapan ng gintong imahen 11 Sinuman ang
hindi magpatirapa at sumamba ay kailangang itapon sa
naglalagablab na pugon. 12 Ngayon, may ilang mga Judio
na iyong itinalaga sa mga gawain sa lalawigan ng Babilonia,
ang kanilang mga pangalan ay sina Shadrac, Meshac at
Abednego. Ang mga kalalakihang ito, o hari, ay hindi nakinig
sa inyo. Hindi nila sinamba, pinaglingkuran ang iyong diyos
o nagpatirapa sa harapan ng gintong imahen na iyong
ipinatayo." 13 At napuno ng galit at poot si Nebucadnezar
at iniutos na dalhin sa kaniya sina Shadrac, Meshac at
Abednego. Kaya dinala nila ang mga kalalakihang ito sa
harapan ng hari. 14 Sinabi ni Nebuchadnezar sa kanila,
nakapagpasya na ba kayo, Shadrac, Meshac at Abednego

upang hindi sambahin ang aking mga diyos o magpatirapa sa
harapan ng gintong imahen na aking ipinatayo? **15** Ngayon,
kung handa na kayo—kapag maririnig ninyo ang mga tunog
ng mga tambuli, mga plauta, mga sitar, mga lira, mga alpa
at mga saltero at lahat ng uri ng tugtugin—magpatirapa at
dumapa sa imahen na aking ginawa at magiging maayos
ang lahat. Ngunit kapag hindi kayo sasamba, kaagad kayong
itatapon sa naglalagablab na pugon. Sinong diyos ang
maaaring magligtas sa inyo mula sa aking mga kamay?”
**16** Sumagot sa hari sina Shadrac, Meshac at Abednego,
“Nebucadnezar, hindi namin kailangang sumagot sa usaping
ito. **17** Kung mayroon mang sagot, ito ay ang aming Diyos na
aming pinaglilingkuran ang may kakayahan na magligtas sa
amin mula sa naglalagablab na pugon at ililigtas niya kami
mula sa inyong mga kamay, o hari. **18** Ngunit kung hindi
man, nais naming malaman mo ito, o hari, na hindi kami
sasamba sa iyong mga diyos at hindi kami magpatirapa
sa gintong imahen na iyong ipinatayo.” **19** Pagkatapos,
napuno ng poot si Nebucadnezar, nagbago ang kaniyang
mukha laban kay Shadrac, Meshac at Abednego. Iniutos
niya na painitin ang pugon ng pitong beses na mas mainit
kaysa sa karaniwang init nito. **20** At iniutos niya sa ilan ng
kaniyang pinakamalakas na mga kalalakihan ng kaniyang
hukbo upang gapusin sina Shadrac, Meshac at Abednego
at itapon sila sa naglalagablab na pugon. **21** Tinalian sila
na suot pa ang kanilang mga balabal, mga tunika, mga
turban at iba pang mga kasuotan at itinapon sila sa loob
ng naglalagablab na pugon. **22** Dahil mahigpit na sinunod
ang utos ng hari at pinainit ang pugon, ang apoy ang
pumatay sa mga kalalakihan na nagdala kina Shadrac,
Meshac at Abednego. **23** Bumagsak ang tatlong kalalakihang
ito sa naglalagablab na pugon nang nakagapos. **24** At
namangha ang haring si Nebucadnezar at agad na tumayo.
Tinanong niya ng kaniyang mga tagapayo, Hindi ba't tatlong
kalalakihan na nakagapos ang ating itinapon sa apoy?”
Sumagot sila sa hari, “totoo mahal na hari.” **25** Sumagot
siya, “Ngunit apat na kalalakihan ang aking nakikita na
hindi nakagapos at naglalakad sa gitna ng apoy at hindi
sila nasaktan. Ang kinang ng ika-apat ay tulad ng anak ng
mga diyos.” **26** Pagkatapos, lumapit si Nebucadnezar sa
pintuan ng naglalagablab na pugon at tumatawag, “Shadrac,
Meshac at Abednego, mga lingkod ng Kataas-taasang Diyos,
lumabas kayo! Halikayo rito” Pagkatapos, lumabas mula sa
apoy sila Shadrac, Meshac at Abednego. **27** Nakita ang
mga kalalakihang ito ng mga gobernador ng lalawigan, mga
gobernador ng rehiyon at iba pang mga gobernador at nang
mga konsehal ng mga hari na sama-samang nagtitipon.
Hindi nasaktan ng apoy ang kanilang mga katawan, hindi
natupok ang buhok sa kanilang mga ulo, hindi nasira ang
kanilang mga balabal at hindi sila nag-amoy sunog. **28** Sinabi
ni Nebucadnezar, “Purihin natin ang Diyos nina Shadrac,
Meshac at Abednego na nagpadala ng kaniyang mensahero
at nagbigay ng kaniyang mensahe sa kaniyang mga lingkod.
Nagtiwala sila sa kaniya nang isinantabi nila ang aking utos
at isinuko ang kanilang mga katawan kaysa sumamba o
magpatirapa sa sinumang diyos maliban sa kanilang Diyos.
**29** Kaya gagawa ako ng isang kautusan na sinumang tao,
bansa o wika ang magsalita ng anumang laban sa Diyos
nina Shadrac, Meshac at Abednego ay pagpipira-pirasuhin
at gagawing tambakan ng basura ang kanilang mga tahanan
sapagkat walang ibang diyos ang makakapagligtas tulad
nito. **30** At itinaas niya sa tungkulin sina Shadrac, Meshac at
Abednego sa lalawigan ng Babilonia.

**4** Ipinadala ni Haring Nebucadnezar ang atas na ito sa
lahat ng mga lahi, mga bansa, at mga wikang naninirahan
sa lupa: “Sumagana nawa ang inyong kapayapaan. **2** Tila
mabuti sa aking sabihin sa inyo ang tungkol sa mga tanda at
mga himalang ginawa sa akin ng Kataas-taasan. **3** Kahanga-
hanga ang kaniyang mga tanda at makapangyarihan
ang kaniyang mga himala! Walang hanggang kaharian
ang kanyang kaharian, at nananatili sa sali't saling lahi
ang kaniyang kapangyarihan. **4** Ako, si Nebucadnezar,
masayang naninirahan sa aking tahanan at nagpapakasaya
sa kasagaanan sa aking palasyo. **5** Ngunit natakot ako sa
isang panaginip ko. Habang nakahiga ako roon, nabagabag
ako sa mga larawang aking nakita at sa mga pangitain
sa aking isipan. **6** Kaya nagbigay ako ng isang atas na
dalhin sa aking harapan ang lahat ng mga kalalakihan sa
Babilonia na may karunungan upang maipaliwanag nila ang
panaginip sa akin. **7** At dumating ang mga salamangkero,
mga nagsasabing nakikipag-usap sa mga patay, mga
matatalinong kalalakihan, at mga astrologo. Sinabi ko sa
kanila ang panaginip, ngunit hindi nila ito maipaliwanag sa
akin. **8** Ngunit sa huli, pumasok si Daniel—na pinangalanang
Beltesazar ayon sa pangalan ng aking diyos, at sumasakanya
ang espiritu ng mga banal na diyos. Sinabi ko sa kaniya ang
panaginip. **9** “Beltesazar, pinuno ng mga salamangkero,
alam kong sumasaiyo ang espiritu ng mga banal na diyos at
walang hiwaga ang labis na mahirap sa iyo. Sabihin mo
sa akin kung ano ang aking nakita sa aking panaginip at
kung ano ang kahulugan nito. **10** Ito ang mga pangitaing
aking nakita sa aking isipan habang nakahiga ako sa
aking higaan: Tumingin ako, at may isang puno sa gitna
ng lupa, at labis na kahanga-hanga ang taas nito. **11**
Lumaki ang puno at naging matatag. Umabot hanggang
sa kalangitan ang tuktok nito at makikita ito hanggang sa
mga dulo ng buong daigdig. **12** Magaganda ang mga dahon,
sagana ang bunga at narito ang pagkain para sa lahat.

Sumisilong sa lilim nito ang mga mababangis na hayop
at namumugad ang mga ibon sa mga sanga nito. Mula
dito, napapakain ang lahat ng nilalang. **13** Nakita ko sa
aking isipan habang nakahiga ako sa aking higaan, at isang
banal na mensahero ang bumaba mula sa kalangitan. **14**
Sumigaw siya at sinabing, 'Sibakin ang puno at putulin ang
mga sanga nito, tanggalin ang mga dahon, at ikalat ang
mga bunga. Hayaang umalis ang mga hayop mula sa ilalim
nito at lumipad ang mga ibon mula sa mga sanga nito. **15**
Iwan ang tuod ng mga ugat nito sa lupa, na nakagapos ng
isang gapos na bakal at tanso sa gitna ng mga murang
damo sa parang. Hayaang mabasa ito ng hamog mula sa
kalangitan. Hayaang mamuhay ito kasama ng mga hayop sa
mga halaman sa lupa. **16** Hayaang mapalitan ang kaniyang
isipan mula sa isipan ng tao at hayaaang isang isipan ng
hayop ang maibigay sa kaniya hanggang sa pagkaraan
ng pitong taon. **17** Ang pasyang ito ay sa pamamagitan
ng atas na iniulat ng mensahero. Ito ay pasyang ginawa
ng mga banal upang malaman ng mga nabubuhay na ang
Kataas-taasan ang naghahari sa mga kaharian ng mga tao
at ibinibigay ang mga ito sa sinumang naisin niyang mamuno
sa mga ito, maging sa mga pinakamababababang tao.' **18**
Ako, si Haring Nebucadnezar ay nagkaroon ng ganitong
panaginip. Ngayon, ikaw Beltesazar, sabihin mo sa akin ang
paliwanag, dahil wala sa mga may karunungang kalalakihan
sa aking kaharian ang makapagpaliwanag nito sa akin.
Ngunit makakaya mong gawin, dahil sumasaiyo ang espiritu
ng mga banal na diyos." **19** At labis na nabahala nang sandali
si Daniel na pinangalanang Beltesazar, at nangamba siya sa
kaniyang mga saloobin. Sinabi ng hari, "Beltesazar, huwag
mong pangambahan ang panaginip o ang paliwanag nito."
Sumagot si Beltesazar, "Aking panginoon, nawa sa mga
namumuhi sa iyo mangyari ang panaginip, nawa para sa
iyong mga kaaway ang paliwanag nito. **20** Ang punong nakita
mo—na lumaki at naging matatag, at umabot hanggang sa
kalangitan ang tuktok nito, at nakikita sa mga dulo ng buong
daigdig— **21** na magaganda ang mga dahon, at sagana ang
bunga, upang ito ay pagkain para sa lahat, at sumisilong sa
lilim nito ang mga hayop, at kung saan namumugad ang
mga ibon sa kalangitan— **22** ang punong ito ay ikaw, hari,
ikaw na lumaking napakatatag. Lumaki ang iyong kadakilaan
at umaabot sa kalangitan, at umaabot sa mga dulo ng
daigdig ang iyong kapangyarihan. **23** Nakita mo, hari, ang
isang banal na mensaherong bumababa mula sa langit at
sinasabing, 'Sibakin ang puno at wasakin ito, ngunit iwan
ang tuod ng mga ugat nito sa lupa, na nakagapos ng isang
gapos na bakal at tanso sa gitna ng mga murang damo sa
parang. Hayaang mabasa ito ng hamog mula sa kalangitan.
Hayaang mamuhay ito kasama ng mga mababangis na
hayop sa parang hanggang sa pagkaraan ng pitong taon.' **24**
Ito ang paliwanag, hari. Isang atas ito ng Kataas-taasan na
nakarating sa iyo, aking panginoong hari. **25** Itataboy ka mula
sa mga tao, at maninirahan ka kasama ng mga mababangis
na hayop sa parang. Kakain ka ng damo tulad ng isang
baka, at mababasa ka ng hamog mula sa kalangitan, at
lilipas ang pitong taon hanggang kilalanin mong ang Kataas-
taasan ang naghahari sa mga kaharian ng mga tao at
ibinibigay niya ang mga ito sa sinumang naisin niya. **26**
Gaya ng iniutos na iwan ang tuod ng mga ugat ng puno, sa
paraang ito, maibabalik ang kaharian sa iyo sa panahong
kilalanin mong naghahari ang langit. **27** Kaya hari, hayaang
maging katanggap-tanggap ang payo ko sa iyo. Tumigil ka sa
pagkakasala at gawin kung ano ang matuwid. Talikuran mo
ang iyong mga kasamaan sa pamamagitan ng pagpapakita
ng habag sa mga inaapi, at maaaring magpatuloy pa ang
iyong kasaganaan." **28** Nangyari ang lahat ng ito kay Haring
Nebucadnezar, **29** pagkaraan ng labindalawang buwan,
Naglalakad siya sa maharlikang palasyo sa Babilonia. **30**
Sinasabi ng hari, "Hindi ba ito ang dakilang Babilonia, na
aking itinatag para sa aking maharlikang tirahan, para sa
kaluwalhatian ng aking kapangyarihan?" **31** Habang sinasabi
pa ito ng hari, isang tinig ang nagmula sa langit: "Haring
Nebucadnezar, iniatas laban sa iyo na hindi mo na pag-aari
pa ang kahariang ito. **32** Itataboy ka palayo mula sa mga tao,
at sa parang ang iyong magiging tahanan kasama ng mga
mababangis na hayop. Kakain ka ng damo tulad ng isang
baka. Lilipas ang pitong taon hanggang sa kilalanin mong
ang Kataas-taasan ang naghahari sa mga kaharian ng tao
at ibinibigay niya ang mga ito sa sinumang naisin niya." **33**
Natupad kaagad kay Nebucadnezar ang atas na ito. Itinaboy
siya palayo mula sa mga tao. Kumain siya ng damo tulad ng
isang baka, at nabasa ang kaniyang katawan ng hamog
mula sa kalangitan. Humaba ang kaniyang buhok na kasing
haba ng mga balahibo ng mga agila, at naging tulad ng
mga pangalmot ng mga ibon ang kaniyang mga kuko. **34**
At sa katapusan ng mga araw, ako, si Nebucadnezar ay
tumingin sa langit, at ibinalik sa akin ang aking katinuan.
"Pinuri ko ang Kataas-taasan, at pinarangalan at niluwalhati
ko ang siyang nabubuhay magpakailanman. Sapagkat ang
kaniyang paghahari ay walang hanggang paghahari, at
nananatili ang kaniyang kaharian sa lahat ng sali't saling
lahi. **35** Itinuturing niyang walang halaga ang lahat ng mga
naninirahan sa lupa, ginagawa niya sa hukbo ng langit at
sa mga naninirahan sa lupa ang anumang naaayon sa
kaniyang kagustuhan. Walang makakapigil o makakatutol
sa kaniya. Walang makakapagsasabi sa kaniyang, 'Bakit
mo ito ginawa?'' **36** Sa gayunding panahong nanumbalik
sa akin ang aking katinuan, nanumbalik sa akin ang aking

kapangyarihan at kaningningan para sa kaluwalhatian ng
aking kaharian. Hinangad ng aking mga tagapayo at aking
mga tagapamahala ang aking pagpanig. Ibinalik ako sa
aking trono, at higit pang kadakilaan ang ibinigay sa akin. **37**
Ngayon, ako, si Nebucadnezar ay nagpupuri, nagbubunyi, at
nagpaparangal sa Hari ng langit, sapagkat matuwid ang
lahat ng kaniyang mga gawa, at makatarungan ang kaniyang
mga pamamaraan. Kaya niyang ibaba ang mga namumuhay
sa kanilang sariling kapalaluan.

**5** Nagdaos si haring Belsazar nang napakalaking handaan
para sa isang libo niyang maharlikang tauhan, at uminom
siya ng alak sa harapan nilang lahat na isang libo. **2** Habang
tinitikman ni Belsazar ang alak, nagbigay siya ng mga utos
na ilabas ang mga sisidlan na gawa sa ginto at pilak na
kinuha sa templo ng Jerusalem ng kaniyang amang si
Nebucadnezar, upang mainuman niya at ng kaniyang mga
maharlikang tauhan at ng kaniyang mga asawa at mga
asawang tagapaglingkod. **3** Dinala ng mga tagapaglingkod
ang mga gintong sisidlan na kinuha sa templo, ang bahay ng
Diyos sa Jerusalem. At ito ang pinag-inuman ng hari at ang
mga maharlika niyang tauhan at kaniyang mga asawa at
mga asawang niyang taga-paglingkod. **4** Ininom nila ang alak
at nagpuri sa kanilang mga diyus-diyosan na gawa sa ginto
at pilak, tanso, bakal, kahoy at bato. **5** Sa sandaling iyon,
lumitaw ang mga daliri ng isang kamay ng tao sa harapan
ng patungan ng ilaw at nagsulat sa napalitadahang pader sa
palasyo ng hari. At nakikita ng hari ang bahagi ng kamay
habang nagsusulat. **6** Nagbago ang mukha ng hari at tinakot
siya ng kaniyang isipan; ang kaniyang mga hita ay hindi
siya kayang suportahan at ang kaniyang mga tuhod ay nag-
uumpugan. **7** Sumigaw ang hari at nag-utos na papasukin
ang mga nagsasabing nakikipag-usap sa mga patay, mga
matatalinong kalalakihan at mga astrologo. At sinabi ng
hari sa mga kilala dahil sa kanilang mga karunungan sa
Babilonia, "Kung sino man ang makapagpapaliwanag sa
nakasulat at makapagsasabi ng kahulugan nito ay dadamitan
ng kulay ube at lalagyan ng gintong kuwintas sa kaniyang
leeg. Magkakaroon siya ng kapangyarihan ng ikatlong
pinakamataas na pinuno sa kaharian." **8** At ang lahat ng
mga kalalakihan ng hari na kilala sa kanilang karunungan
ay pumasok, ngunit hindi nila mabasa ang nakasulat o
maipaliwanag sa hari ang kahulugan nito. **9** At labis na
nabagabag si haring Belsazar at nagbago ang anyo ng
kaniyang mukha. At namangha ang mga maharlika niyang
tauhan. **10** Ngayon, pumasok ang inang reyna sa loob ng
pinagpigingang bahay kung saan ang handaan dahil sa
sinabi ng hari at ng kaniyang mga maharlikang tauhan.
Sinabi ng inang reyna, "Hari, mabuhay ka magpakailanman!
Huwag mong hayaang guluhin ka ng iyong pag-iisip. Huwag
mong hayaang magbago ang anyo ng iyong mukha. **11** May
isang lalaki sa iyong kaharian na nagtataglay ng espiritu ng
mga banal na diyos. Sa mga panahon ng iyong ama, nakikita
sa kaniya ang ilaw, pang-unawa at karunungan gaya ng
karunungan ng mga diyos. Si haring Nebucadnezar, na iyong
amang hari, ang nagtalaga sa kaniya na maging pinuno ng
mga salamangkero at siya rin ang pinuno ng mga nakikipag
usap sa patay, ng matatalinong kalalakihan at ng mga
astrologo. **12** Ang lahat ng mga katangian na ito, natatanging
espiritu, karunungan, pang-unawa, pagbibigay kahulugan
sa mga panaginip, nagpapaliwanag sa mga matalinhagang
salita, paglulutas ng mga suliranin ay matatagpuan sa
mismong Daniel na pinangalanan ng hari na Beltesazar.
Ipatawag mo si Daniel ngayon at sasabihin niya sa iyo ang
kahulugan ng nakasulat." **13** Pagkatapos dinala si Daniel
sa harapan ng hari. Sinabi ng hari sa kaniya, "Ikaw iyong
Daniel, na isa sa mga taong binihag sa Juda, na kinuha ng
aking ama mula sa Juda. **14** Nabalitaan ko ang tungkol sa
iyo, na ang espiritu ng mga diyos ay nasa iyo, ang ilaw, ang
pang-unawa at natatanging karunungan ay matatagpuan sa
iyo. **15** At dinala sa harapan ko ang mga kalalakihan na
kilala sa kanilang mga karunungan at ang mga nagsasabing
nakikipag-usap sa mga patay, upang basahin ang nakasulat
at sabihin sa akin ang kahulugan nito, ngunit hindi nila
kayang sabihin ang kahulugan nito. **16** Narinig ko na kaya
mong magbigay ng kahulugan at lumutas ng mga suliranin.
Ngayon kapag nabasa mo ang nakasulat at sabihin sa akin
ang kahulugan nito, dadamitan ka ng kulay ube at lalagyan
ang iyong leeg ng gintong kuwintas, at ipagkakaloob sa iyo
ang kapangyarihan ng ikatlong pinakamataas na pinuno
sa kaharian." **17** At sumagot si Daniel sa harapan ng hari,
"Hayaang mong sa iyo ang iyong mga kaloob at ibigay
ang iyong mga gantimpala sa ibang tao. Ganoon pa man,
babasahin ko sa iyo ang nakasulat, hari, at sasabihin ko sa
iyo ang kahulugan. **18** Para sa iyo, hari, ang Kataas-taasang
Diyos ang nagbigay ng kaharian kay Nebucadnezar na iyong
ama nang may kadakilaan, karangalan at kapangyarihan.
**19** At dahil sa kadakilaang ibinigay ng Diyos sa kaniya,
ang lahat ng tao, mga bansa at mga wika ay nanginig at
natakot sa kaniya. Ipinapatay niya ang mga gusto niyang
mamatay at pinapanatili niyang buhay ang mga gusto niyang
mabuhay. Binigyan niya ng karangalan ang mga gusto
niyang parangalan, at ibinababa niya ang mga gusto niyang
ibaba. **20** Ngunit nang nagmataas ang kaniyang puso at
naging matigas ang kaniyang espiritu kaya kumilos siya ng
may kapalaluan, ibinaba siya mula sa pagkahari, at tinanggal
nila ang kaniyang kapangyarihan. **21** Itinaboy siya mula
sa mga tao, at siya ay nagkaroon ng pag-iisip ng isang
hayop, at nabuhay siya na kasama ang maiilap na mga

asno. Kumakain siya ng damo tulad ng baka. Nababasa
ang kaniyang katawan sa hamog na mula sa kalangitan
hanggang sa natutuhan niyang ang Kataas-taasang Diyos
ang naghahari sa mga kaharian ng mga tao at itinatalaga
niya ang sinumang nais niyang maghari sa kanila. **22** Ikaw
Belsazar, na kaniyang anak na lalaki, hindi mo ipinakumbaba
ang iyong puso, kahit na alam mo ang lahat ng mga ito. **23**
Itinaas mo ang iyong sarili laban sa Panginoon ng langit.
Mula sa kaniyang tahanan dinala sa iyo ang mga sisidlang
ininuman mo ng alak at iyong mga maharlikang tauhan at
ng iyong mga asawa at ng iyong mga asawang lingkod at
nagpuri kayo sa inyong mga diyus-diyosang gawa sa pilak
at ginto, tanso, bakal, kahoy at bato—-mga diyus-diyosang
hindi makakita, hindi makarinig, o hindi nakakaalam ng
anumang bagay. Hindi mo iginalang ang Diyos na may
hawak ng iyong hininga sa kaniyang kamay at nakakaalam
sa lahat ng iyong mga pamamaraan. **24** Kaya nagpadala
ang Dios ng isang kamay mula sa kaniya at isinulat ito.
**25** At ito ang kaniyang isinulat: MENE, MENE, TEKEL,
UPHARSIN. **26** Ito ang kahulugan nito: MENE, ''Binilang' ng
Diyos ang iyong kaharian at ito ay kaniyang winakasan. **27**
TEKEL, ikaw ay 'tinimbang' sa mga timbangan at nakita
na ikaw ay nagkulang. **28** PERES, ang iyong kaharian ay
'nahati' at ibinigay sa Medes at Persia." **29** Pagkatapos nito,
nagbigay ng utos si Belsazar na damitan ng kulay ube si
Daniel. Isang kuwintas na ginto ang isinuot sa kaniyang
leeg at nagpahayag ang hari tungkol sa kaniya na siya ay
magkakaroon ng kapangyarihan sa ikatlong pinakamataas
na pinuno sa kaharian. **30** Sa gabing iyon pinatay si Belsazar,
ang hari ng Babilonia, **31** at natanggap ni Darius na taga-
Mede ang kaharian nang siya ay mag-aanimnapu't dalawang
taong gulang.

**6** Nalugod si Dario na magtalaga sa buong kaharian ng
120 na mga gobernador ng lalawigan na mamahala
sa buong kaharian. **2** Sa kanila ay may tatlong punong
tagapamahala, at si Daniel ang isa sa kanila. Naitalaga
ang mga punong tagapamahala upang pangasiwaan ang
mga gobernador ng lalawigan, upang ang hari ay hindi
makaranas pa ng kawalan. **3** Higit na natatangi si Daniel sa
lahat ng mga punong tagapamahala at sa mga gobernador
ng mga lalawigan dahil siya ay may natatanging espiritu.
Binabalak ng hari na siya ay hiranging mamahala sa buong
kaharian. **4** Kaya ang ibang punong tagapamahala at ang
mga gobernador ng lalawigan ay naghahanap ng mga
kamalian sa trabaho ni Daniel sa kaharian, ngunit wala
silang makitang katiwalian o kakulangan sa kaniyang trabaho
dahil matapat siya. Walang pagkakamali o kapabayaang
natagpuan sa kaniya. **5** Kaya sinabi ng mga kalalakihang ito,
"Wala tayong makitang anumang dahilan upang magreklamo
laban sa Daniel na ito maliban lamang kung may makita
tayong laban sa kaniya tungkol sa kautusan ng kaniyang
Diyos. **6** Kaya nagdala ng plano ang mga namamahala
at mga gobernador sa harapan ng hari na. Sinabi nila sa
kaniya, "Haring Dario, mabuhay ka nawa magpakailanman!
**7** Lahat ng mga pinunong tagapamahala ng kaharian, ang
mga gobernador ng mga rehiyon, at ang mga gobernador
ng lalawigan, ang mga tagapayo, at ang mga gobernador
ay sumangguni sa isa't-isa at nagpasya na ikaw, ang hari,
ay kailangang maglabas ng isang batas at kailangan itong
ipatupad, upang ang sinumang gumawa ng panalangin sa
anumang diyos o tao sa loob ng tatlumpung araw, maliban
sa iyo, o hari, dapat maihagis ang taong iyon sa yungib
ng mga leon. **8** Ngayon, o hari, magpalabas ka ng isang
atas at lagdaan ang kasulatan upang sa gayon hindi na ito
maaaring mabago, ayon sa mga batas na itinuturo ng mga
Medo at Persia, sa gayon hindi ito mapawalang bisa. **9** Kaya
nilagdaan ni Haring Dario ang dokumento na gawing batas
ang kautusan. **10** Nang nalaman ni Daniel na nalagdaan na
ang kasulatan na isina-batas, pumunta siya sa kaniyang
bahay (ngayon ang kaniyang bintana sa itaas ay nakabukas
sa dakong Jerusalem) at siya ay lumuhod, gaya ng ginagawa
niya ng tatlong beses sa isang araw, at nanalangin at
nagpapasalamat sa harapan ng kaniyang Diyos, gaya ng
kaniyang dating ginagawa. **11** At nakita ng mga kalalakihang
ito na magkakasamang bumuo ng masamang balak si Daniel
na humihiling at humahanap ng tulong mula sa Diyos. **12**
Pagkatapos, sila ay lumapit sa hari at nagsalita sa kaniya
tungkol sa kaniyang batas: "Hindi ba gumawa ka ng batas
na sinumang gumawa ng kahilingan sa anumang diyos o tao
sa loob ng tatlumpung araw, maliban sa iyo hari ay dapat
ihagis sa yungib ng mga leon?" Sumagot ang hari, "Naiayos
na ang mga bagay na ito, ayon sa batas ng mga taga-Medo
at mga taga-Persia; hindi na ito mapapawalang bisa." **13** At,
sumagot sila sa hari, "Ang taong si Daniel, na isa sa mga
taong bihag mula sa Juda ay hindi nakinig sa iyo, o hari, o sa
iyong batas na iyong nilagdaan. Nanalangin siya sa kaniyang
Diyos ng tatlong beses sa isang araw." **14** Nang marinig ito
ng hari, labis siyang nabalisa at naghanap siya ng paraang
iligtas si Daniel sa ganitong kapasyahan. Pinagsikapan
niya hanggang sa paglubog ng araw na subukang iligtas
si Daniel. **15** Pagkatapos, ang mga kalalakihang ito na
nagbalak ng masama ay nagtipon kasama ang hari at sinabi
sa kaniya, "Alam mo, o hari, nabatas ng Medo at Persia, na
walang batas o kautusan na pinalabas ng hari ang maaaring
mabago." **16** At nagbigay ng utos ang hari, at dinala nila
sa loob si Daniel at inihagis nila siya sa yungib ng mga
leon. At sinabi ng hari kay Daniel, "Iligtas ka nawa ng iyong
Diyos na patuloy mong pinaglilingkuran." **17** Dinala ang

isang bato sa pasukan ng yungib, at tinatakan ito ng hari ng
kaniyang singsing na pangtatak at kasama ng mga tatak
ng singsing ng mga maharlika upang walang anumang
mabago tungkol kay Daniel. **18** Pagkatapos, pumunta ang
hari sa kaniyang palasyo at magdamag siyang nag-ayuno.
Walang mang-aaliw na dinala sa harapan niya at hindi siya
nakatulog. **19** At nang madaling araw, bumangon ang hari
at nagmamadaling nagtungo sa yungib ng mga leon. **20**
Habang siya ay papalapit sa yungib, tinawag niya si Daniel,
na may tinig na puno ng pagdadalamhati. Sinabi niya kay
Daniel, "Daniel, lingkod ng buhay na Diyos, nailigtas ka
ba ng iyong Diyos na lagi mong pinaglilingkuran mula sa
mga leon?" **21** Pagkatapos sinabi ni Daniel sa hari, "Hari,
mabuhay ka magpakailanman! **22** Nagsugo ang aking Diyos
ng kaniyang mensahero at tinikom ang mga bibig ng mga
leon at hindi nila ako sinaktan. Sapagkat nalaman nilang
wala akong sala sa harapan niya at gayundin sa harapan
mo, hari at hindi kita ginawan ng anumang kasamaan." **23**
Pagkatapos, ang hari ay masayang masaya. Nagbigay siya
ng utos na kailangang ilabas sa yungib si Daniel. Kaya
itinaas nila si Daniel palabas ng yungib. Walang nakitang
sugat sa kaniya, dahil siya ay nagtiwala sa kaniyang Diyos.
**24** Nagbigay ng isang utos ang hari, na dalhin ang mga
kalalakihang nagparatang kay Daniel at ihagis sila sa yungib
ng mga leon, sila at ang kanilang mga anak, at ang kanilang
mga asawa. Bago sila sumayad sa sahig ay sinunggaban
na sila ng mga leon at pinagbabali ang kanilang mga buto
nang pira-piraso. **25** Pagkatapos, sumulat si Haring Dario sa
lahat ng mga tao, mga bansa at mga wika na naninirahan
sa buong mundo: "Sumagana nawa ang kapayapaan sa
inyo. **26** Ipinag-uutos ko na sa lahat ng nasasakupan ng
aking kaharian, ang manginig at matakot ang mga tao
sa harap ng Diyos ni Daniel, sapagkat siya ay buhay na
Diyos at nabubuhay magpakailanman at hindi nawawasak
ang kaniyang kaharian; ang kaniyang kapangyarihan ay
maging hanggang sa wakas. **27** Iniingatan niya tayo at
inililigtas at gumagawa siya ng mga tanda at kababalaghan
sa langit at sa lupa; iningatan niyang ligtas si Daniel mula sa
kapangyarihan ng mga leon." **28** Kaya sumagana ang Daniel
na ito sa panahon ng paghahari ni Dario at sa panahon ng
paghahari ni Ciro ang Persiano.

**7** Sa unang taon ni haring Belsazar ng Babilonia, nagkaroon
si Daniel ng panaginip at mga pangitain habang siya ay
nakahiga sa kaniyang higaan. Pagkatapos, isinulat niya kung
ano ang kaniyang nakita sa panaginip. Isinulat niya ang mga
pinakamahalagang kaganapan. **2** Ipinaliwanag ni Daniel,
"Sa aking pangitain kagabi, nakita ko na pinapagalaw ng
apat na hangin ng langit ang malaking dagat. **3** Lumitaw
mula sa dagat ang apat na malalaking hayop, bawat isa
ay hindi magkakapareho **4** Ang una ay tulad ng isang leon
ngunit mayroong mga pakpak ng agila. Habang ako ay
nagmamasid, natanggal ang mga pakpak nito at iniangat ito
mula sa lupa at pinatayo sa dalawang paa tulad ng tao.
Ibinigay rito ang pag-iisip ng isang tao. **5** At mayroong
ikalawang hayop na tulad ng isang oso, nakayuko at mayroon
itong tatlong tadyang sa pagitan ng mga ngipin sa bunganga
nito. Sinabihan ito na, "Tumayo ka at lamunin ang maraming
tao.' **6** Pagkatapos, muli akong tumingin. Mayroon pang
isang hayop na kahawig ng isang leopardo. Sa likod nito
ay mayroong apat na pakpak na tulad ng mga pakpak
ng ibon at mayroon itong apat na ulo. Binigyan ito ng
karapatan upang mamahala. **7** Pagkatapos nito, nakita
ko sa aking panaginip kagabi ang ika-apat na hayop na
nakakasindak, nakakatakot at napakalakas. Mayroon itong
malaking bakal na ngipin. Lumalamon ito, dumudurog ng
mga piraso at tinapak-tapakan ang natira. Kakaiba ito sa
iba pang mga hayop at mayroon itong sampung sungay. **8**
Habang pinagmamasdan ko ang mga sungay, tumingin ako
at nakita ko ang isa pang sungay na tumubo mula sa kanila,
isang maliit na sungay. Tatlo mula sa mga sungay ang pinihit
palabas sa kanilang mga ugat. Nakita ko sa sungay na ito
ang mga mata na tulad ng mga mata ng tao at isang bibig
na nagmamayabang tungkol sa dakilang mga bagay. **9**
Habang nakatingin ako, inihanda ang mga trono sa lugar
nito at naupo sa kaniyang upuan ang Sinaunang mga Araw.
Kasing puti ng niyebe ang kaniyang damit at ang buhok
sa kaniyang ulo ay tulad ng balahibo ng tupa. Nagliliyab
na apoy ang kaniyang trono at nagliliyab na apoy ang mga
gulong nito. **10** Isang ilog na apoy ang umaagos palabas
sa kaniyang harapan, milyon-milyon ang naglilingkod sa
kaniya, at isang daang milyon ang nakatayo sa kaniyang
harapan. Nasa pagpupulong ang hukuman at nabuksan ang
mga libro. **11** Patuloy akong tumingin dahil sa mayayabang
na mga salitang binanggit ng sungay. Pinanood ko ang
hayop habang pinapatay, nawasak ang katawan nito at
ibinigay upang sunugin. **12** Para sa mga natitira sa apat na
hayop, inalis ang kanilang kapangyarihan ng pamamahala,
ngunit pinahaba ang kanilang buhay para sa nalalabing
panahon. **13** Sa aking pangitain nang gabing iyon, nakita
ko ang isang dumarating kasabay ang mga ulap ng langit
tulad ng isang anak ng tao. Lumapit siya sa Sinaunang
mga Araw at iniharap siya sa kaniya. **14** Ibinigay sa kaniya
ang karapatan upang mamuno, ang kaluwalhatian at ang
makaharing kapangyarihan upang ang lahat ng mga tao, mga
bansa, at mga wika ay dapat maglingkod sa kaniya. Walang
hanggan ang kaniyang karapatang mamuno na hindi lilipas
at hindi kailanman mawawasak ang kaniyang kaharian. **15**
Ngunit para sa akin, na si Daniel, nagdadalamhati sa aking

kaloob-looban ang aking espiritu at ginagambala ako ng
mga pangitain na aking nakita sa aking isipan. 16 Nilapitan
ko ang isa sa kanila na nakatayo roon at hiniling ko sa
kaniya na ipakita sa akin ang kahulugan ng mga bagay na
ito. 17 Ang malalaking hayop na ito, na apat ang bilang, ay
apat na haring manggagaling mula sa daigdig. 18 Ngunit
tatanggapin ng mga taong banal ng Kataas-taasan ang
kaharian at aangkinin nila ito magpakailanman. 19 At nais
ko pang malaman ang tungkol sa ikaapat na hayop, labis
itong kakaiba sa mga iba at labis na kakila-kilabot ang bakal
na ngipin at ang tansong mga kuko nito. Lumalamon ito,
dumudurog ng mga piraso at tinatapakan ang anumang
natira. 20 Nais kong malaman ang tungkol sa sampung
sungay sa kaniyang ulo at ang tungkol sa ibang sungay na
tumubo bago pa mahulog ang tatlong sungay. Nais ko pang
malaman ang tungkol sa sungay na mayroong mga mata at
tungkol sa bibig na nagyayabang tungkol sa mga dakilang
mga bagay na parang mas nakatataas ito sa kaniyang mga
kasamahan. 21 Habang nakatingin ako, nagtaguyod ng
digmaan ang sungay na ito laban sa mga taong banal at
tinatalo ang mga ito 22 hanggang dumating ang Sinaunang
mga Araw at ibinigay ang katarungan sa mga taong banal ng
Kataas-taasan. At dumating ang panahon na tinanggap ng
mga taong banal ang kaharian. 23 Ito ang sinabi ng taong
iyon, 'Ngunit para sa ikaapat na hayop, magiging ikaapat na
kaharian ito sa daigdig na magiging kakaiba mula sa iba pang
mga kaharian. Lalamunin, aapakan at dudurugin nito nang
pira-piraso ang buong daigdig. 24 Ngunit para sa sampung
sungay, mula sa kahariang ito manggagaling ang sampung
hari at isa pa ang lilitaw pagkatapos nila. Magiging kakaiba
siya mula sa mga nauna. At masasakop niya ang tatlong hari.
25 Magsasabi siya ng mga salita laban sa Kataas-taasan
at aapihin niya ang mga taong banal ng Kataas-taasang
Diyos. Susubukan niyang palitan ang mga pagdiriwang at
ang kautusan. Maibibigay ang mga bagay na ito sa kaniyang
mga kamay sa isang taon, dalawang taon at kalahating
taon. 26 Ngunit magpupulong ang hukuman at kukunin
ang kaniyang makaharing kapangyarihan upang tupukin
at wasakin sa huli. 27 Maibibigay sa mga taong kabilang
sa mga banal na tao ng Kataas-taasan ang kaharian, at
ang kapangyarihan, ang mga kadakilaan ng mga kaharian
sa ibaba ng buong kalangitan. Walang hanggang kaharian
ang kaniyang kaharian, paglilingkuran at susundin siya ng
lahat ng iba pang mga kaharian. 28 Narito ang katapusan ng
lahat ng bagay. Ngunit para sa akin, na si Daniel, labis na
nababahala ang aking isipan at nabago ang itsura ng aking
mukha. Ngunit itinago ko ang mga bagay na ito sa aking
sarili."

8 Sa ikatlong taon ng paghahari ni Haring Belsazar, may
pangitaing lumitaw sa akin, akong si Daniel (pagkatapos
ng naunang ipinakita niya sa akin). 2 Nakita ko sa pangitain
habang tumitingin ako, na ako ay nasa matatag na lungsod
ng Susa sa lalawigan ng Elam. Nakita ko sa pangitain
na nasa tabi ako ng Ilog Ulai. 3 Tumingin ako sa itaas
at nakita ko sa aking harapan ang isang lalaking tupa
na may dalawang sungay na nakatayo sa tabi ng ilog.
Mas mahaba ang isang sungay kaysa sa isa. Ngunit mas
mabagal ang paglaki ng mas mahaba kaysa sa mas maiksi
at nalampasan nito ang haba. 4 Nakita kong sumasalakay
ang lalaking tupa sa kanluran, sa hilaga at sa timog; walang
ibang hayop ang kayang tumayo sa kaniyang harapan.
Wala sa mga ito ang may kakayahang iligtas ang sinuman
mula sa kaniyang kamay. Ginagawa niya ang anumang
naisin niya at naging dakila siya. 5 Habang iniisip ko
ang tungkol dito, nakakita ako ng isang lalaking kambing
na nagmula sa kanluran, sa ibabaw ng buong mundo,
tumatakbo nang mabilis na parang hindi sumasayad sa lupa.
Ang kambing ay may isang malaking sungay sa pagitan ng
kaniyang mga mata. 6 Lumapit siya sa lalaking tupa na may
dalawang sungay—nakita ko ang lalaking tupa na nakatayo
sa pampang ng ilog—at galit na galit na tumakbo ang
kambing patungo sa lalaking tupa. 7 Nakita ko na lumapit
ang kambing sa lalaking tupa. Galit na galit siya sa lalaking
tupa, sinugod niya ang lalaking tupa at binali ang dalawang
sungay nito. Walang kapangyarihan ang lalaking tupa upang
tumayo sa harapan niya. Ibinuwal siya ng kambing sa lupa
at tinapakan siya. Walang sinuman ang makapagliligtas sa
lalaking tupa mula sa kaniyang kapangyarihan. 8 At naging
napakalaki ng kambing. Ngunit nang maging malakas siya,
nabali ang malaking sungay at tumubo sa lugar nito ang
apat na iba pang mga sungay na nakaturo sa apat na hangin
ng kalangitan. 9 Tumubo ang isa pang sungay mula sa isa
sa mga ito, maliit sa una, ngunit naging napakalaki sa timog,
sa silangan at sa maluwalhating lupain ng Israel. 10 Naging
napakalaki nito upang makipagdigma sa hukbo ng langit.
Ang ilan sa mga hukbo at ilan sa mga bituin ay itinapon
sa lupa at tinapakan sila. 11 Naging dakila ito, kasindakila
ng banal na pinuno ng hukbo. Kinuha mula sa kaniya ang
karaniwang alay na susunugin at naging marumi ang lugar
ng kaniyang santuwaryo. 12 Dahil sa paghihimagsik, ibibigay
ang hukbo sa sungay ng kambing at ititigil ang alay na
susunugin. Ihahagis ng sungay ang katotohanan sa lupa at
magtatagumpay ito sa kaniyang ginagawa. 13 At narinig ko
na nagsasalita ang isang banal at sinasagot siya ng isa pang
banal, "Gaano katagal mananatili ang mga bagay na ito, ang
pangitaing ito tungkol sa alay na susunugin, ang kasalanan
na nagdadala ng kapahamakan, ang pagpapasakamay ng

santuwaryo at ang pagtapak sa hukbo ng langit?" 14 Sinabi
niya sa akin, "Magtatagal ito sa loob ng 2, 300 na araw at
gabi. Pagkatapos nito, magiging maayos ang santuwaryo."
15 Nang akong si Daniel ay nakita ang pangitain, sinubukan
kong unawain ito. At may tumayo sa harapan ko na katulad
ng isang lalaki. 16 Narinig ko ang tinig ng isang lalaking
tumatawag sa pagitan ng mga pampang ng Ilog Ulai. Sinabi
niya, "Gabriel, tulungan mo ang lalaking ito na maunawaan
ang pangitain." 17 Kaya lumapit siya sa kinatatayuan ko.
Nang lumapit siya, natakot ako at nagpatirapa sa lupa.
Sinabi niya sa akin, "Unawain mo, anak ng tao, na ang
pangitain ay para sa panahon ng pagwawakas." 18 Nang
kausapin niya ako, nakatulog ako nang mahimbing na nasa
lupa ang aking mukha. Pagkatapos, hinawakan niya ako
at pinatayo. 19 Sinabi niya, "Tingnan mo, ipapakita ko sa
iyo kung ano ang susunod na mangyayari sa panahon
ng matinding galit dahil may kinalaman ang pangitain sa
mangyayari sa panahon na nakatakda para sa wakas. 20
Ang lalaking tupa na iyong nakita, ang isa na may dalawang
sungay—sila ang mga hari ng Media at Persia. 21 Ang
lalaking kambing ang hari ng Grecia. Ang malaking sungay
sa pagitan ng kaniyang mga mata ay ang unang hari.
22 Ang naputol na sungay sa lugar kung saan lumitaw
ang apat na iba pa—lilitaw mula sa kaniyang bansa ang
apat na kaharian, ngunit hindi kasinlakas ng kaniyang
dakilang kapangyarihan. 23 Sa huling panahon ng mga
kahariang iyon, kapag umabot na sa sukdulan ang mga
lumalabag sa batas, lilitaw ang isang haring may mabagsik
na mukha na napakatalino. 24 Magiging dakila ang kaniyang
kapangyarihan—ngunit hindi sa pamamagitan ng kaniyang
sariling kapangyarihan. Magdudulot siya nang malawakang
pagkawasak at magtatagumpay siya sa anumang gagawin
niya. Lilipulin niya ang mga makapangyarihang tao, ang
mga taong banal. 25 Sa pamamagitan ng kaniyang
katusuhan, pasasaganain niya ang panlilinlang sa ilalim
ng kaniyang kamay. Lilitaw din siya laban sa Hari ng mga
hari at mawawasak siya—ngunit hindi sa pamamagitan ng
kapangyarihan ng tao. 26 Totoo ang pangitain na sinabi
tungkol sa mga gabi at mga umaga. Ngunit selyohan mo
ang pangitain, sapagkat tumutukoy ito sa maraming araw sa
hinaharap." 27 At akong si Daniel ay napagod at nanghina sa
loob ng ilang araw. Pagkatapos, bumangon ako at pumunta
sa gawain ng hari. Ngunit kinilabutan ako dahil sa pangitain
at walang sinumang nakaunawa nito.

9 Si Dario ay ang anak ni Assuero, isang kaapu-apuhan
ng Medo. Ito ay si Dario na ginawang hari sa buong
kaharian ng mga taga-Babilonia. 2 Ngayon sa unang taon
ng paghahari ni Dario, ako si Daniel, ay pinag-aaralan
ko ang mga aklat na naglalaman ng salita ni Yahweh,
ang salitang dumating kay Jeremias na propeta. Napag-
aralan kong may pitumpung taon hanggang sa matapos ang
pagpapabaya sa Jerusalem. 3 Iniharap ko ang aking mukha
sa Panginoong Diyos, upang hanapin siya sa pamamagitan
ng panalangin at mga kahilingan, ng pag-aayuno, at pagsuot
ng magaspang na tela at pag-upo sa mga abo. 4 Nanalangin
ako kay Yahweh na aking Diyos, at ipinahayag ko ang
aming mga kasalanan. Sinabi ko, "Nagsusumamo ako sa
iyo, Panginoon, ikaw ay dakila at kahanga-hangang Diyos
na siyang tumutupad ng kasunduan at tapat sa mga umiibig
sa iyo at sumusunod sa iyong mga kautusan. 5 Nagkasala
kami at gumawa ng mali. Gumawa kami ng masama at kami
ay naghimagsik, tumalikod mula sa iyong mga kautusan
at mga atas. 6 Hindi kami nakinig sa iyong mga lingkod
na propetang nagsalita sa iyong pangalan sa aming mga
hari, sa aming mga pinuno, sa aming mga ninuno at sa
lahat ng tao sa lupain. 7 Sa iyo ang katuwiran, Panginoon.
Gayunman sa amin ngayon, ang kahihiyan ay sa aming
mga mukha—para mga taga-Juda at sa mga naninirahan sa
Jerusalem, at sa lahat ng taga-Israel. Kasama ng mga ito
ang mga malapit at malayo sa buong lupain kung saan mo
sila ikinalat. Ito ay dahil sa labis na pagtataksil na ginawa
namin laban sa iyo. 8 Sa amin, Yahweh, ang kahihiyan ay sa
aming mga mukha—para sa aming mga hari, sa aming mga
pinuno at sa aming mga ninuno—dahil nagkasala kami laban
sa iyo. 9 Sa aming Panginoong Diyos ang pinanggagalingan
nang habag at kapatawaran, sapagkat naghimagsik kami
laban sa kaniya. 10 Hindi namin sinunod ang tinig ni Yahweh
na aming Diyos sa pamamagitan ng paglakad sa kaniyang
mga kautusan na ibinigay sa pamamagitan ng kaniyang
lingkod na mga propeta. 11 Lahat ng taga-Israel ay lumabag
sa iyong mga utos at tumalikod sa iyong mga kautusan,
tinatanggihang sundin ang iyong tinig. Ang sumpa at mga
panunumpa na naisulat sa kautusan ni Moises, ang lingkod
ng Diyos, ay naibuhos sa amin, sapagkat nagkasala kami
laban sa kaniya. 12 Pinatunayan ni Yahweh ang mga
salitang kaniyang sinabi laban sa amin at laban sa mga
namumuno sa amin, sa pamamagitan ng pagdadala sa amin
ng malaking kapahamakan. Sapagkat sa ilalim ng kabuuan
ng langit wala pang nangyaring anumang bagay na maaaring
ihambing sa kung ano ang nangyari sa Jerusalem. 13 Gaya
ng nasusulat sa kautusan ni Moises, dumating ang lahat ng
kapahamakan sa amin, ngunit hindi parin kami nagmakaawa
mula kay Yahweh na aming Diyos sa pamamagitan ng
pagtalikod mula sa aming mga kalikuan at bigyang pansin
ang iyong katotohanan. 14 Samakatwid inihanda ni Yahweh
ang kapahamakan at dinala ito sa amin, sapagkat matuwid
si Yahweh na ating Diyos sa lahat ng mga gawang kaniyang
ginagawa, ngunit hindi parin natin sinunod ang kaniyang

tinig. 15 Ngayon, Panginoon na aming Diyos, inilabas mo ang
iyong mga tao mula sa lupain ng Egipto sa pamamagitan ng
isang makapangyarihang kamay, at gumawa ka ng tanyag na
pangalan para sa iyong sarili, maging sa kasalukuyan. Ngunit
nagkasala parin kami; gumawa parin kami ng masasamang
bagay. 16 Panginoon, dahil sa lahat ng iyong mga matuwid
na mga gawa, hayaan mong mawala ang iyong galit at
ang iyong poot mula sa iyong lungsod na Jerusalem, ang
iyong banal na bundok. Dahil sa aming mga kasalanan, at
dahil sa kalikuan ng aming mga ninuno, naging isang paksa
ng pangungutya ang Jerusalem at ang iyong mga tao sa
lahat ng nakapalibot sa amin. 17 Ngayon, aming Diyos,
pakinggan mo ang dalangin ng iyong lingkod at sa kaniyang
pagsusumamo para sa habag; para sa iyong kapakanan,
Panginoon, pagliwanagin mo ang iyong mukha sa iyong
santuwaryo na pinabayaan. 18 Aking Diyos, buksan mo ang
iyong mga tainga at makinig; buksan mo ang iyong mga
mata at tingnan. Ganap kaming nawasak; tingnan mo ang
lungsod na tinawag sa pamamagitan ng iyong pangalan.
Hindi kami nagsumamo sa iyo ng tulong dahil sa aming
katuwiran, ngunit dahil sa iyong labis na habag. 19 Panginoon
makinig! Panginoon magpatawad! Panginoon, magbigay
pansin at kumilos ka! Para sa iyong kapakanan, huwag
mong ipagpaliban, aking Diyos, sapagkat ang iyong lungsod
at ang iyong tao ay tinawag sa pamamagitan ng iyong
pangalan." 20 Habang ako ay nagsasalita—nananalangin at
nagpapahayag ng aking mga kasalanan at ang kasalanan ng
aking kababayang taga-Israel, at idinudulog ang aking mga
kahilingan kay Yahweh na aking Diyos alang-alang sa banal
na bundok ng Diyos— 21 habang ako ay nananalangin, ang
lalaking si Gabriel, na nakita ko sa unang pangitain ay mabilis
na lumipad pababa sa akin, sa panahon ng pag-aalay sa
gabi. 22 Binigyan niya ako ng pang-unawa at sinabi sa akin,
"Daniel, pumunta ako ngayon upang bigyan kita ng kaalaman
at pang-unawa. 23 Nang ikaw ay humihingi ng habag,
ibinigay ang atas at pumunta ako upang sabihin sa iyo ang
sagot, sapagkat labis kang iniibig. Samakatwid isaalang-
alang ang salitang ito at unawain ang pahayag. 24 Pito na
tig-pipitumpong taon ang iniatas para sa iyong mga tao at sa
iyong banal na lungsod upang wakasan ang pagkakasala at
wakasan ang kasalanan, upang pagbayaran ang kasamaan,
upang dalhin ang walang hanggang katuwiran, upang tuparin
ang pangitain at propesiya at upang gawing banal ang
dakong kabanal-banalan. 25 Alamin at unawain na mula sa
pagpapalaganap ng utos na panunumbalikin at itatayong muli
ang Jerusalem sa pagdating ng isang hinirang (na magiging
isang pinuno), magkakaroon ng pito na tig-pipito at pito
na tig-aanimnaputdalawa. Muling maitatayo ang Jerusalem
kasama ang mga lansangan at isang kanal kahit pa sa mga
panahon ng kabalisahan. 26 Pagkatapos ng pito na tig-
aanimnapu't dalawang taon, ang isang hinirang ay malilipol
at mawawalan. Wawasakin ng hukbo ng isang parating na
pinuno ang lungsod at ang banal na lugar. Darating ang
katapusan nito sa pamamagitan ng baha at magkakaroon ng
digmaan hanggang sa huli. Ang pagkawasak ay itinakda
na. 27 Pagtitibayin niya ang isang kasunduan sa marami sa
loob ng isang pito. Sa kalagitnaan ng pito wawakasan niya
ang pag-aalay at ang paghahandog. Sa pakpak ng mga
kasuklam-suklam darating ang isang tao na siyang gagawa
ng pagkasira. Isang ganap na pagwawakas at pagkawasak
ang itinakdang ibubuhos sa gumawa ng pagkasira."

**10** Sa ikatlong taon ng paghahari ni Ciro na hari ng Persia,
isang mensahe ay ipinahayag kay Daniel, (na tinawag
na Beltesazar) at ang mensaheng ito ay totoo. Tungkol ito sa
isang malaking digmaan. Naunawaan ni Daniel ang mensahe
nang ipinakita sa kaniya sa pamamagitan ng pangitain. 2
Sa mga araw na iyon akong si Daniel ay tumatangis ng
tatlong linggo. 3 Hindi ako kumain ng masasarap na pagkain,
hindi ako kumain ng karne, hindi ako uminom ng alak, at
hindi ko pinahiran ng langis ang aking sarili hanggang sa
matapos ang buong tatlong linggo. 4 Sa ika dalawampu't
apat na araw ng unang buwan, samantalang ako ay nasa
tabi ng malaking ilog (ito ang Tigris), 5 Tumingala ako at
nakita ko ang isang lalaki na nakadamit ng telang lino, na
may sinturon na nakapalibot sa kaniyang baywang na yari
sa purong ginto mula sa Uphas. 6 Ang kaniyang katawan
ay katulad ng topaz, ang kaniyang mukha ay katulad ng
kidlat, ang kaniyang mga mata ay katulad ng ningas ng mga
tanglaw, ang kaniyang mga braso at kaniyang mga paa
ay katulad ng makinis na tanso, at ang tunog ng kaniyang
salita ay katulad ng ingay ng napakaraming tao. 7 Akong si
Daniel lamang ang nakakita ng pangitain, sapagkat hindi
nakita ng mga lalaking kasama ko ang pangitain. Gayunman,
isang malaking takot ang dumating sa kanila at tumakbo sila
upang magtago. 8 Kaya naiwan akong mag-isa at nakita
ko ang dakilang pangitain na ito. Nawalan ako ng lakas;
ang aking maningning na anyo ay binago ng takot at wala
akong natirang lakas. 9 Pagkatapos narinig ko ang kaniyang
mga salita- at nang marinig ko ang mga ito, bumagsak ako
sa mahimbing na pagkakatulog na nakasubsob sa lupa
ang aking mukha. 10 May kamay na humawak sa akin, at
sobrang nangatog ang aking mga tuhod at ang palad ng
aking mga kamay. 11 Sinabi ng anghel sa akin, "Daniel,
lalaking lubos na iniibig, unawain mo ang mga salitang
sasabihin ko sa iyo, at tumayo ka ng matuwid sapagkat
ipinadadala ako sa iyo. "Nang sabihin niya ang salitang ito
sa akin, tumayo akong nanginginig. 12 Pagkatapos, sinabi
niya sa akin, "Huwag kang matakot, Daniel. Samantalang sa

unang araw na itinakda mo ang iyong isipan upang unawain
at upang magpakumbaba ang iyong sarili sa harapan ng
Diyos, ang iyong mga salita ay narinig at dumating ako dahil
sa iyong mga salita. 13 Tinanggihan ako ng prinsipe ng
kaharian ng Persia, at ako ay nanatili roon kasama ang
mga hari ng Persia ng dalawampu't-isang araw. Subalit
si Miguel, isa sa mga pinakapunong prinsipe, pumunta at
tinulungan ako. 14 Ngayon ay naparito ako upang tulungan
kang unawain kung ano ang mangyayari sa iyong mga tao
sa mga huling araw. Sapagkat ang pangitain ay para sa
mga araw na darating." 15 "Nang magsalita siya sa akin
gamit ang mga salitang ito, iniharap ko ang aking mukha
sa lupa at hindi ako makapagsalita. 16 May isang anyong
tulad ng tao ang humipo sa aking mga labi, at ibinukas ko
ang aking bibig at nakipag-usap sa kaniya na nakatayo
sa aking harapan, "Aking panginoon, ibinalik ng pangitain
ang dalamhati sa akin at wala na akong natirang lakas.
17 Ako ang iyong lingkod. Paano ako makikipag-usap sa
aking panginoon? Na ngayon ay wala na akong lakas, at
walang natirang hininga sa akin." 18 Hinawakan ako ng
isang anyong tulad ng tao at pinalakas ako. 19 Sabi niya,
"Lalaki na lubos na iniibig, huwag kang matakot. Sumaiyo
ang kapayapaan. Magpakatatag ka ngayon; magpakatatag
ka! "Nang magsalita siya sa sa akin, napalakas ako at sinabi
ko, "Hayaan mong magsalita ang aking panginoon, sapagkat
pinalakas mo ako." 20 Sinabi niya, "Alam mo ba kung bakit
ako pumunta sa iyo? Babalik na ako ngayon para labanan
ang prinsipe ng Persia. Kapag lumabas ako, darating ang
prinsipe ng Grecia. 21 Subalit sasabihin ko sa iyo kung ano
ang nakasulat sa Aklat ng Katotohanan- walang sinuman
ang magpapakita sa akin ng kaniyang sarili na malakas,
maliban kay Miguel na iyong prinsipe."

**11** "Sa unang taon ni Dario na taga-Media, dumating ako
mismo upang tulungan at pangalagaan si Miguel. 2
At ngayon, ipapahayag ko sa iyo ang isang katotohanan.
Tatlong hari ang lilitaw sa Persia at ang ika-apat ay higit
na mayaman kaysa sa kanilang lahat. Nang magkaroon
siya ng kapangyarihan sa pamamagitan ng kaniyang mga
kayamanan, hihimukin niya ang bawat isa laban sa kaharian
ng Grecia. 3 At mamumuno ang isang makapangyarihang
hari sa isang napakalaking kaharian at gagawin niya ang
lahat ng bagay na kaniyang naisin. 4 Sa kaniyang paglitaw,
mawawasak ang kaniyang kaharian at mahahati sa apat na
hangin ng langit. Ngunit hindi ito maibibigay sa kaniyang
mga kaapu-apuhan, at hindi ito magkakaroon ng dati nitong
kapangyarihan nang pinamumunuan niya ito. Sapagkat
mabubunot ang kaniyang kaharian at ibibigay sa hindi niya
sariling kaapu-apuhan. 5 Magiging malakas ang hari ng
Timog ngunit isa sa kaniyang mga pinuno ng hukbo ang
magiging mas malakas sa kaniya at pamumunuan ang
mas malaki pang kaharian. 6 Pagkatapos ng ilang taon, sa
tamang panahon, gagawa sila ng isang kasunduan. Pupunta
ang babaeng anak ng hari ng Timog sa hari ng Hilaga upang
patunayan ang kasunduan. Ngunit mawawala ang kaniyang
kapangyarihan, at iiwanan siya—siya at ang mga nagdala sa
kaniya, ang kaniyang ama, at ang isang taong tumulong sa
kaniya sa mga panahong iyon. 7 Ngunit lilitaw ang isang
sanga mula sa kaniyang mga ugat na papalit sa kaniyang
puwesto. Sasalakayin niya ang mga hukbo at papasukin ang
mga tanggulan ng hari ng Hilaga. Lalabanan niya sila at
sasakupin. 8 Dadalhin niya sa Egipto ang kanilang mga
diyos kasama ang kanilang mga inukit na imaheng metal at
ang kanilang mahahalagang lalagyan ng pilak at ginto at sa
loob ng ilang taon, iiwasan niyang salakayin ang hari ng
Hilaga. 9 Sasakupin ng hari ng Hilaga ang kaharian ng hari
ng Timog, ngunit aatras siya sa kaniyang sariling lupain.
10 Magsisimula ng digmaan ang kaniyang mga anak na
lalaki at magtitipon ng isang malaking hukbong patuloy na
darating at aapaw na tulad ng isang baha, makakapasok at
muling sasalakay hanggang sa kaniyang tanggulan. 11 Ang
hari ng Timog ay galit na magmamartsa at makikipaglaban
sa hari ng Hilaga. Magpapalakas ng malaking hukbo ang
hari ng Hilaga, ngunit ibibigay ito sa hari ng Timog. 12
Kapag nagtagumpay na ang mga hukbo, mapupuno ng
pagmamataas ang hari ng Timog, at papatayin ang libu-libo
sa kaniyang mga kaaway. Ngunit hindi siya magtatagumpay.
13 Muling bubuo ng isa pang hukbo ang hari ng Hilaga, mas
malaki kaysa nauna. Pagkatapos ng ilang taon, ang hari ng
Hilaga ay tiyak na babalik na may isang malaking hukbo na
natustusan ng maraming kagamitan. 14 Sa mga panahong
iyon, marami ang lilitaw laban sa hari ng Timog. Ang mga
pinakamarahas sa iyong mga tao ay tatayo sa kanilang mga
sarili upang tuparin ang pangitain, ngunit matitisod sila at
mahuhulog. 15 Darating ang hari ng Hilaga at magtatayo
ng mga tambak na daraanan at bibihagin ang pinatibay
na lungsod. Hindi makakayanang tumayo ng puwersa ng
Timog, maging ang kanilang pinakamalalakas na kawal ay
walang lakas upang tumayo. 16 Ngunit gagawin ng hari ng
Hilaga ang lahat ng gusto niyang gawin laban sa hari ng
Timog at walang sinumang pipigil sa kaniya; itatatag niya ang
kaniyang sarili sa mainam na lupaing dala-dala ng kaniyang
kamay ang ganap na pagkawasak. 17 Ang hari ng Hilaga ay
magpapasyang pumunta na taglay ang lakas ng kaniyang
buong kaharian, at dala-dala niya ang isang makatarungang
kasunduan na kaniyang ipatutupad kasama ang hari ng
Timog. Ibibigay niya sa hari ng Timog ang isang babaeng
anak na ipapakasal upang wasakin ang kaharian ng Timog.
Ngunit hindi magtatagumpay o makakatulong sa kaniya ang

balak na ito. 18 Pagkatapos nito, bibigyang pansin ng hari
ng Hilaga ang mga baybaying lugar at bibihagin ang marami
sa kanila. Ngunit isang pinuno ang pipigil sa kaniyang
kalikuan at ibabalik ng pinunong ito ang kaniyang kalikuan
sa kaniya. 19 At bibigyan niya ng pansin ang mga kutang
tanggulan sa kaniyang sariling lupain, ngunit matitisod siya
at babagsak; hindi na siya matatagpuan. 20 Pagkatapos
ay may isang lilitaw na kapalit niya at sapilitang maniningil
ng pambayad sa buwis para tustusan ang kayamanan ng
kaharian. Ngunit sa loob lamang ng ilang araw, siya ay
mawawasak, ngunit hindi sa pamamagitan ng galit o labanan.
21 Lilitaw na kapalit niya ang isang hamak na tao, taong
hindi pinararangalan ng mga tao ng pangharing parangal;
tahimik siyang papasok at kukunin niya ang kaharian dahil
sa hindi tapat na papuri. 22 Isang malaking hukbo ang
matatangay tulad ng isang baha sa kaniyang harapan.
Mawawasak ang hukbong iyon at ang pinunong itinatag
ng tipan. 23 Mula sa oras ng pakikipagkasundo sa kaniya,
kikilos siya nang may pandaraya; at sa kaunting bilang ng
mga tao ay magiging malakas siya. 24 Pupunta siya sa
mga pinakamayayamang lalawigan nang walang pasabi at
gagawin niya ang mga bagay na hindi man lamang ginawa
ng kaniyang ama ni ginawa ng ama ng kaniyang ama— na
ikakalat sa kaniyang mga tagasunod ang mga nasamsam,
ang mga ninakaw at ang kayamanan. Balak niyang alisin
ang pinagtibay na tanggulan, ngunit sa sandaling panahon
lamang. 25 Palalakasin niya ang kaniyang kapangyarihan at
ang kaniyang tapang laban sa hari ng Timog taglay ang
isang malaking hukbo. Magsisimula ng digmaan ang hari
ng Timog kasama ang makapangyarihang hukbo, ngunit
hindi siya makakatayo dahil sa dami ng banta laban sa
kaniya. 26 Maging ang mga kasama ng haring kumakain sa
hapag-kainan ay susubukan siyang wasakin. Tatangayin ng
agos ang kaniyang mga hukbo tulad ng baha at marami
sa kanila ang papatayin. 27 Ang dalawang haring ito ay
uupo sa parehong hapag-kainan taglay ang kasamaan ng
kanilang mga puso laban sa isa't isa, at magsisinungaling
sa bawat isa, ngunit walang layunin. Sapagkat darating
ang katapusan sa nakatakdang panahon. 28 At babalik
ang hari ng Hilaga sa kaniyang lupain na may maraming
kayamanan, ngunit lalabag ang kaniyang puso laban sa
banal na tipan. Gagawin niya ang kaniyang ninanais at
babalik siya sa kaniyang sariling lupain. 29 Sa nakatakdang
panahon, babalik siya at sasakuping muli ang Timog. Ngunit
sa pagkakataong ito, hindi ito magiging tulad ng dati. 30
Sapagkat darating ang mga barko ng Kitim laban sa kaniya
at mawawalan siya ng pag-asa at babalik. Sisiklab ang
galit niya laban sa banal na tipan at masisiyahan siya sa
mga taong sumasalungat sa banal na tipan. 31 Lilitaw ang
kaniyang mga hukbo at lalapastanganin ang santuwaryo at
ang kutang tanggulan; kukunin nila ang mga karaniwang
handog na susunugin at magsisimula sila ng pagkasuklam
na magiging sanhi ng ganap na pagkawasak. 32 Lilinlangin
ang mga lumabag sa tipan at aakitin sila, ngunit ang mga
taong nakakakilala sa kanilang Diyos ay magiging malakas
at kikilos. 33 Magbibigay nang pang-unawa sa marami
ang mga matatalinong tao. Ngunit sa loob ng ilang araw
ay mamamatay sila sa espada at sa apoy, bibihagin sila
bilang mga bilanggo at nanakawin ang kanilang mga pag-
aari. 34 Kapag natisod sila, makatatanggap sila ng kaunting
tulong at marami ang sasama sa kanila na walang isang
salita. 35 Ang ilan sa mga matatalino ay matitisod upang
maging dalisay, malinis at malinang hanggang sa panahon
ng katapusan. Sapagkat ang nakatakdang panahon ay
paparating pa lamang. 36 Gagawin ng hari ang lahat ng
kaniyang ninanais. Itataas niya at palalakihin ang kaniyang
sarili sa ibabaw ng bawat diyus-diyosan, at magsasalita
ng mga bagay na kagulat-gulat laban sa Diyos ng mga
diyos. Magtatagumpay siya hanggang sa maganap ang
poot. Sapagkat matutupad ang ipinasyang magaganap. 37
Hindi niya isasaalang-alang ang mga diyos ng kaniyang
mga ninuno, ang diyos na ninanais ng mga kababaihan,
o iba pang mga diyos. Magmamataas siya at aangkining
mas mataas siya sa kanilang lahat. 38 Sa halip na sila,
sasambahin niya ang diyos ng mga tanggulan. Paparangalan
niya ng ginto at pilak ang isang diyos na hindi kilala, kasama
ang mga mahahalagang bato at mamahaling handog. 39
Sasalakayin niya ang mga pinakamalalakas na tanggulan sa
tulong ng mga taong kabilang sa isang hindi kilalang diyos.
Pararangalan niya ang mga humahanga sa kaniya. Gagawin
niya silang mga pinuno ng maraming tao at hahatiin niya
ang lupain na may kabayaran. 40 Sa mga huling panahon,
sasalakay ang hari ng Timog. Mabilis na sasalakay sa
kaniya ang hari ng Hilaga na tulad ng isang bagyo na
may kasamang mga karwahe at mga mangangabayo at
maraming barko. Sasakupin niya ang maraming bansa
at tatangayin niya sila tulad ng isang baha. 41 Darating
siya sa maluwalhating lupain, at sampung libong Israelita
ang matitisod at babagsak, ngunit maraming taga-Edom
at Moab at mga natitirang tao ng Amon ang makakatakas
mula sa kaniyang kamay. 42 Palalawakin niya ang kaniyang
kapangyarihan sa maraming bansa; hindi makakatakas ang
lupain ng Egipto. 43 Magkakaroon siya ng kapangyarihan sa
lahat ng mga ginto at pilak, at sa lahat ng kayamanan ng
Egipto; paglilingkuran siya ng mga taga-Libya at Etiopia. 44
Ngunit mangangamba siya sa mga ulat mula sa silangan at
hilaga at lalabas siya nang may napakatinding galit upang
ibukod ang karamihan para sa pagkawasak. 45 Itatayo niya

ang mga tolda ng kaniyang palasyo sa pagitan ng mga
karagatan, at sa magandang banal na bundok. Darating
siya sa kaniyang katapusan at walang sinumang tutulong sa
kaniya.

**12** “Sa panahong iyon, tatayo si Miguel, ang dakilang
prinsipe na nagbabantay sa iyong mga kababayan.
Magkakaroon ng panahon ng kaguluhan na hindi pa
nararanasan kailanman magmula nang nagkaroon ng
anumang bansa hanggang sa panahong iyon. Sa panahong
iyon, maililigtas ang iyong mga kababayan, ang lahat ng
pangalang matatagpuang nakasulat sa aklat. **2** Marami sa
mga natutulog sa alabok ng daigdig ang babangon, ang ilan
ay sa walang hanggang buhay at ang ilan ay sa kahihiyan at
walang hanggang pagdurusa. **3** Ang mga marurunong ay
magliliwanag tulad ng liwanag ng kalangitan sa kaitaasan at
ang mga nakapagpanumbalik ng marami sa katuwiran ay
tulad ng mga bituin magpakailanman. **4** Ngunit ikaw Daniel,
isara mo ang mga salitang ito; panatilihin mong selyado
ang aklat hanggang sa panahon ng pagwawakas. Marami
ang magsisitakbuhan paroo't parito at madaragdagan ang
kaalaman.” **5** At ako, si Daniel ay tumingin, at may dalawa
pang nakatayo roon. Ang isa ay nakatayo sa dakong gilid ng
ilog na ito at ang isa ay nakatayo sa pampang sa kabilang
dako ng ilog. **6** Sinabi ng isa sa kanila sa lalaking nakasuot
ng telang lino na nasa ibabaw ng tubig, “Gaano katagal
matatapos ang mga kamangha-manghang pangyayaring
ito?” **7** Narinig ko ang lalaking nakasuot ng telang lino na
nasa ibabaw ng tubig—itinaas niya ang kaniyang kanang
kamay at kaliwang kamay sa langit at nangako sa nabubuhay
magpakailanman na mangyayari ito sa isang panahon, mga
panahon at kalahati, ito ay tatlo at kalahating taon. Kapag
natapos ang pagsira sa kapangyarihan ng mga banal na tao,
matatapos ang lahat ng mga bagay na ito. **8** Narinig ko ngunit
hindi ko naunawaan. Kaya nagtanong ako, “Panginoon ko,
ano ang magiging kahihinatnan ng lahat ng mga bagay
na ito?” **9** Sinabi niya, “Makakaalis ka na Daniel sapagkat
nakasara ang mga salita at selyado hanggang sa panahon
ng pagwawakas. **10** Marami ang dadalisayin, lilinisin at
lilinangin ngunit ang mga masasama ay magpapakasama.
Wala ni isa sa mga masasama ang makakaunawa, ngunit
ang mga marurunong ay makakaunawa. **11** Mula sa
panahong inalis ang karaniwang handog na susunugin at
ang pagkasuklam na sanhi ng ganap na pagkawasak ay
handa na, magkakaroon ng 1, 290 na mga araw. **12** Mapalad
ang mga naghihintay hanggang sa matapos ang 1, 335
na mga araw. **13** Kinakailangan mong manatili sa iyong
kaparaanan hanggang sa huli at mamamahinga ka. Tatayo
ka sa lugar na itinalaga sa iyo sa mga huling araw.”

# Hosea

1 Ito ang salita ni Yahweh na dumating kay Hosea, na
anak na lalaki ni Beeri sa panahon nina Uzias, Jotam,
Ahaz, at Hezekias na mga hari ng Juda, at sa panahon ni
Jeroboam, na anak na lalaki ni Jehoas na hari ng Israel.
2 Noong unang magsalita si Yahweh sa pamamagitan ni
Hosea, sinabi niya sa kaniya, “Humayo ka, mag-asawa ka
ng babaing nagbebenta ng aliw. Magkakaroon siya ng mga
anak na bunga ng kaniyang pagbebenta ng aliw. Sapagkat
nagkakasala ang lupain ng matinding gawain ng pagbebenta
ng aliw habang tinatalikuran ako.” 3 Kaya, humayo si Hosea
at pinakasalan si Gomer na anak na babae ni Diblaim,
at nagbuntis siya at nagsilang siya sa kaniya ng isang
anak na lalaki. 4 Sinabi ni Yahweh kay Hosea, “Tawagin
mo siya sa pangalang Jezreel. Sapagkat hindi magtatagal,
paparusahan ko ang sambahayan ni Jehu dahil sa pagdanak
ng dugo sa Jezreel at wawakasan ko ang kaharian ng
sambahayan ni Israel. 5 Mangyayari ito sa araw na iyon
na babaliin ko ang pana ng Israel sa lambak ng Jezreel.”
6 Nagbuntis muli si Gomer at nagsilang ng isang anak na
babae. At sinabi ni Yahweh kay Hosea, “Tawagin mo siya sa
pangalang Lo-ruhama, sapagkat hindi na ako mahahabag
sa sambahayan ni Israel, ni dapat ko pa silang patawarin.
7 Ngunit mahahabag ako sa sambahayan ni Juda, at ako
mismo, si Yahweh na kanilang Diyos ang magliligtas sa
kanila. Hindi ko sila ililigtas sa pamamagitan ng pana,
espada, digmaan, mga kabayo, o ng mga mangangabayo.” 8
Nang maawat ni Gomer si Lo-ruhama sa pagsuso, nagbuntis
siya at nagsilang ng isa pang anak na lalaki. 9 At sinabi ni
Yahweh, “Tawagin mo siya sa pangalang Lo-ammi, sapagkat
hindi ko kayo mga tao at hindi ako ang inyong Diyos.
10 Ngunit ang bilang ng mga tao ng Israel ay magiging
tulad ng buhangin sa dalampasigan, na hindi masusukat o
mabibilang. Mangyayari ito kung saan sinabi sa kanila na,
'Hindi ko kayo mga tao,' sasabihin ito sa kanila, 'Kayo ay
mga tao ng buhay na Diyos.' 11 Titipunin ang mga tao ng
Juda at mga tao ng Israel. Magtatalaga sila ng isang pinuno
para sa kanila at lalabas sila mula sa lupain, sapagkat
magiging dakila ang araw ng Jezreel.

2 Sabihin ninyo sa inyong mga kapatid na lalaki, 'Aking
mga tao!' at sa inyong mga kapatid na babae, 'Pinakitaan
kayo ng habag.'” 2 Isakdal mo ang iyong ina, isakdal
mo, sapagkat hindi ko siya asawa, at hindi rin niya ako
asawa. Hayaan mong alisin niya ang kaniyang pagbebenta
ng aliw mula sa kaniyang harapan, at ang kaniyang mga
gawaing pangangalunya sa pagitan ng kaniyang mga suso.
3 Kung hindi, huhubaran ko siya at ipapakita ang kaniyang
kahubaran gaya sa araw ng kaniyang pagkasilang. Gagawin
ko siyang tulad ng ilang, tulad ng isang tigang na lupa
at papatayin ko siya sa uhaw. 4 Hindi ako mahahabag
sa kaniyang mga anak, sapagkat sila ay mga anak sa
pagbebenta ng aliw. 5 Sapagkat ang kanilang ina ay naging
babaing nagbebenta ng aliw, at siya na nagbuntis sa kanila
ay gumawa ng kahiya-hiya. Sinabi niya, “Susundan ko ang
aking mga mangingibig, sapagkat ibinibigay nila sa akin ang
aking tinapay at tubig, ang aking lana at lino, ang aking
langis at inumin.” 6 Kaya gagawa ako ng bakod ng mga tinik
upang harangan ang kaniyang daraanan. Gagawa ako ng
pader laban sa kaniya upang hindi niya makita ang kaniyang
daraanan. 7 Hahabulin niya ang kaniyang mga mangingibig,
ngunit hindi niya sila maaabutan. Hahanapin niya sila, ngunit
hindi niya sila matatagpuan. Pagkatapos, sasabihin niya,
“Babalik ako sa aking unang asawa, sapagkat mas mabuti
para sa akin noon kaysa ngayon.” 8 Sapagkat hindi niya
nalamang ako ang nagbigay sa kaniya ng butil, ng bagong
alak at ng langis, at ang nagbigay sa kaniya ng labis-labis na
pilak at ginto, na ginamit naman nila para kay Baal. 9 Kaya
babawiin ko ang kaniyang butil sa panahon ng anihan at ang
aking bagong alak sa kapanahunan nito. Babawiin ko ang
aking lana at lino na ginamit upang takpan ang kaniyang
kahubaran. 10 Pagkatapos, huhubaran ko siya sa harapan
ng kaniyang mga mangingibig, at walang magliligtas sa
kaniya mula sa aking kamay. 11 Patitigilin ko rin ang lahat ng
kaniyang mga pagdiriwang—ang kaniyang mga pista, ang
kaniyang mga pagdiriwang sa bagong buwan, ang kaniyang
mga Araw ng Pamamahinga, at ang lahat ng kaniyang mga
itinakdang kapistahan. 12 Wawasakin ko ang kaniyang mga
puno ng ubas at ang kaniyang mga puno ng igos, na sinabi
niya, “Ito ang mga kabayarang ibinigay sa akin ng aking mga
mangingibig.” Gagawin kong gubat ang mga ito, at kakainin
ng mga hayop sa parang ang mga ito. 13 Paparusahan
ko siya dahil sa mga araw ng pista ng mga Baal, nang
nagsunog siya ng insenso sa kanila, nang pinalamutian niya
ang kaniyang sarili ng kaniyang mga singsing at alahas,
at sinundan niya ang kaniyang mga mangingibig at nilimot
ako.” Ito ang pahayag ni Yahweh. 14 Kaya susuyuin ko siya
upang manumbalik. Dadalhin ko siya sa ilang at magiliw ko
siyang kakausapin. 15 Ibabalik ko sa kaniya ang kaniyang
mga ubasan, at ang lambak ng Achor bilang pintuan ng pag-
asa. Sasagot siya sa akin doon gaya ng ginawa niya sa
panahon ng kaniyang kabataan, gaya sa panahon nang
lumabas siya sa lupain ng Egipto. 16 “Mangyayari ito sa
araw na iyon”—ito ang pahayag ni Yahweh—”na tatawagin
mo akong, 'Aking asawa,' at hindi mo na ako tatawagin
pang, 'Aking Baal.' 17 Sapagkat tatanggalin ko ang mga
pangalan ng mga Baal mula sa kaniyang bibig, hindi na
maaalala pa ang kanilang mga pangalan.” 18 “Sa araw na

iyon, gagawa ako ng kasunduan para sa kanila sa mga
hayop sa parang, sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga
bagay na gumagapang sa lupa. Paaalisin ko ang pana, ang
espada, at ang digmaan mula sa lupain at pahihigain kita
nang ligtas. **19** Ipapangako kong magiging asawa mo ako
magpakailanman. Ipapangako kong magiging asawa mo ako
sa katuwiran, sa katarungan, sa katapatan sa kasunduan at
sa kahabagan. **20** Ipapangako kong magiging asawa mo ako
sa katapatan. At makikilala mo ako, si Yahweh. **21** At sa
araw na iyon, sasagot ako"—ito ang pahayag ni Yahweh.
"Sasagutin ko ang mga langit at sasagutin ng mga ito ang
lupa. **22** Sasagutin ng lupa ang butil, ang bagong alak at
ang langis at sasagutin ng mga ito ang Jezreel. **23** Itatanim
ko siya sa lupain para sa akin, at kahahabagan ko si Lo-
ruhama. Sasabihin ko kay Lo-Ammi, 'Ikaw si Ammi Attah,' at
sasabihin niya sa akin, 'Ikaw ang aking Diyos.'"

**3** Sinabi sa akin ni Yahweh, "Humayo kang muli, umibig
ka sa isang babae, na inibig ng kaniyang asawa, ngunit
isang mangangalunya. Ibigin mo siya gaya ko, si Yahweh,
na iniibig ang mga tao ng Israel, kahit na bumabaling sila sa
ibang mga diyos at iniibig ang mga tinapay na may pasas."
**2** Kaya binili ko siya para sa aking sarili ng labinlimang
pirasong pilak at ng isang homer at isang lethek ng sebada. **3**
Sinabi ko sa kaniya, "Mamuhay ka kasama ko ng mahabang
panahon. Hindi ka na magiging babaing nagbebenta ng aliw
o magiging pag-aari ng sinumang ibang lalaki. gayundin
naman, makakasama mo ako." **4** Sapagkat mamumuhay sa
mahabang panahon ang mga tao ng Israel nang walang
hari, prinsipe, alay, haliging bato, efod o mga diyus-diyosan
sa sambahayan. **5** Pagkatapos, manunumbalik at hahanapin
ng mga tao ng Israel si Yahweh na kanilang Diyos at si
David na kanilang hari. At sa huling mga araw, lalapit silang
nanginginig sa harapan ni Yahweh at sa kaniyang kabutihan.

**4** Pakinggan ninyo ang salita ni Yahweh, kayong mga tao
ng Israel. May hindi pagkakasunduan si Yahweh laban sa
mga naninirahan sa lupain, sapagkat walang katotohanan o
katapatan sa kasunduan at walang kaalaman ng Diyos sa
lupain. **2** May pagsusumpa, pagsisinungaling, pagpatay,
pagnanakaw at pangangalunya. Nilabag ng mga tao ang
lahat ng hangganan at sunod-sunod ang pagdanak ng dugo.
**3** Kaya natutuyo ang lupain at mawawala ang bawat isa
na nakatira roon. Ang mga hayop sa mga bukirin at ang
mga ibon sa himpapawid; maging ang mga isda sa dagat
ay kukunin. **4** Ngunit huwag payagang magsakdal ang
sinuman; huwag hayaang paratangan ng sinuman ang iba.
Sapagkat kayo, ang mga pari, na aking pinaparatangan. **5**
Matitisod kayong mga pari sa araw; matitisod din kasama
ninyo ang mga propeta sa gabi at aking wawasakin ang
inyong ina. **6** Malilipol ang aking mga tao dahil sa kakulangan
ng kaalaman. Sapagkat tinanggihan ninyong mga pari ang
kaalaman, tatanggihan ko rin kayo bilang mga pari sa akin.
Sapagkat kinalimutan ninyo ang aking kautusan, bagaman
ako ang inyong Diyos, kakalimutan ko din ang inyong mga
anak. **7** Kung gaano dumarami ang mga pari, mas lalo
silang nagkasala laban sa akin. Papalitan ko nang kahihiyan
ang kanilang karangalan. **8** Pinakain sila sa kasalanan ng
aking mga tao; sakim sila sa labis pa nilang kasamaan. **9**
Magiging pareho ang para sa mga tao gaya ng sa mga
pari: paparusahan ko silang lahat para sa kanilang mga
ginagawa; pagbabayarin ko sila sa kanilang mga ginagawa.
**10** Makakakain sila ngunit hindi sapat; magbebenta sila ng
aliw ngunit hindi sila darami, sapagkat lumayo sila sa akin,
na si Yahweh at iniwan ako. **11** Ang mahalay na gawain,
ang alak at bagong alak ang nag-alis sa kanilang pang-
unawa. **12** Sumasangguni ang aking mga tao sa kanilang
mga diyus-diyosan na kahoy, ang kanilang mga tungkod ang
nagbibigay sa kanila ng mga hula. Sapagkat ang espiritu
ng kahalayan ang nagligaw sa kanila at iniwan nila ako,
na kanilang Diyos. **13** Nag-aalay sila sa mga tuktok ng
mga bundok at nagsusunog ng insenso sa mga burol, sa
ilalim ng mga ensina, mga alamo at mga roble, sapagkat
mabuti ang lilim ng mga iyon. Kaya naman nakagawa ng
sekswal na imoralidad ang inyong mga anak na babae at
nangangalunya ang inyong mga manugang na babae. **14**
Hindi ko parurusahan ang inyong mga anak na babae nang
pinili nilang gumawa ng sekswal na imoralidad ni ang inyong
mga manugang na babae nang nangalunya sila. Sapagkat
ibinigay din ng mga kalalakihan ang kanilang mga sarili
sa mga babaing nagbebenta ng aliw, at nag-alay sila ng
mga handog upang makagawa sila ng mga imoral na mga
gawain kasama ang mga babaing nagbebenta ng aliw. Kaya
ang mga taong ito na hindi nakakaunawa ay malilipol. **15**
Bagaman, ikaw Israel ay nakagawa ng pangangalunya,
nawa ay hindi magkasala ang Juda. Huwag kayong pumunta
sa Gilgal, kayong mga tao; huwag umakyat sa Beth-aven. At
huwag sumumpa, "Sapagkat buhay si Yahweh." **16** Sapagkat
matigas ang ulo ng Israel, tulad ng isang babaing guya na
matigas ang ulo. Paano sila dadalhin ni Yahweh sa pastulan
tulad ng mga tupa sa isang malawak na pastulan? **17** Nakiisa
ang Efraim sa mga diyus-diyosan, pabayaan siyang mag-isa.
**18** Kahit maubos na ang kanilang matatapang na inumin,
patuloy silang gumagawa ng pangangalunya; iniibig ng
kaniyang mga pinuno ang kanilang kahihiyan. **19** Babalutin
ng hangin sa kaniyang mga pakpak; at mapapahiya sila
dahil sa kanilang mga handog.

**5** Pakinggan ninyo ito, mga pari! Bigyan ninyo ng pansin,
sambahayan ng Israel! Makinig, sambahayan ng hari!

Sapagkat paparating na ang paghuhukom laban sa inyong
lahat. Naging isang bitag kayo sa Mizpa at isang nakalatag
na lambat sa buong Tabor. 2 Nalunod sa pagkakatay ang
mga maghihimagsik, ngunit sasawayin ko silang lahat. 3
Kilala ko ang Efraim at hindi lingid sa akin ang Israel. Efraim,
ngayon na naging tulad ka ng isang babaing nagbebenta ng
aliw; nadungisan ang Israel. 4 Hindi sila pahihintulutan ng
kanilang mga gawa upang manumbalik sa akin, na kanilang
Diyos, sapagkat nasa kanila ang espiritu ng pangangalunya,
at hindi nila ako nakikilala, si Yahweh. 5 Nagpapatotoo ang
pagmamataas ng Israel laban sa kaniya; kaya matitisod ang
Israel at Efraim sa kanilang mga kasalanan; at matitisod din
ang Juda kasama nila. 6 Aalis sila kasama ang kanilang
mga kawan at mga bakahan upang hanapin si Yahweh,
ngunit hindi nila siya matatagpuan, sapagkat lumayo siya
sa kanila. 7 Hindi sila naging tapat kay Yahweh, sapagkat
nagkaroon sila ng mga anak sa labas. Lalamunin sila ngayon
ng mga pista ng bagong buwan kasama ng kanilang mga
bukirin. 8 Hipan ang tambuli sa Gibea, at ang trumpeta sa
Rama. Patunugin ang hudyat ng pakikipaglaban sa Beth-
aven: 'Susunod kami sa iyo, Benjamin!' 9 Magiging isang
lagim ang Efraim sa araw ng pagpaparusa. Kabilang sa mga
tribo ng Israel na aking ipinahayag kung ano ang tunay na
mangyayari. 10 Ang mga pinuno ng Juda ay tulad ng mga
naglilipat ng batong palatandaan. Ibubuhos ko sa kanila
ang aking galit na tulad ng tubig. 11 Nadurog ang Efraim,
nadurog siya sa paghuhukom, dahil disidido siyang yumukod
sa mga diyus-diyosan. 12 Para akong isang tanga sa damit
sa Efraim, at tulad ng bulok sa tahanan ng Juda. 13 Nang
makita ng Efraim ang kaniyang pagkakasakit, at nakita ng
Juda ang kaniyang sugat, pumunta ang Efraim sa Asiria at
nagpadala ang Juda ng mga mensahero sa dakilang hari.
Ngunit wala siyang kakayahan upang pagalingin kayong
mga tao o pagalingin ang inyong sugat. 14 Kaya magiging
tulad ako ng isang leon sa Efraim, at tulad naman ng
isang batang leon naman sa sambahayan ng Juda. Ako,
maging ako, ang gugutay at aalis; ako ang mag-aalis sa
kanila at walang sinuman ang makapagliligtas sa kanila. 15
Aalis ako at babalik sa aking lugar, hanggang sa aminin
nila ang kanilang kasalanan at hanapin ang aking mukha,
hanggang sa hanapin nila ako ng masigasig sa kanilang
pagdadalamhati."

**6** Halikayo, manumbalik tayo kay Yahweh. Sapagkat
pinagpira-piraso niya tayo, ngunit pagagalingin niya tayo;
Sinugatan niya tayo, ngunit tatalian niya ang ating mga
sugat. 2 Pagkatapos ng dalawang araw, bubuhayin niya
tayo; ibabangon niya tayo sa ikatlong araw, at mabubuhay
tayo sa kaniyang harapan. 3 Kilalanin natin si Yahweh;
sikapin nating makilala si Yahweh. Ang kaniyang paglabas
ay tiyak na parang bukang-liwayway; darating siya sa atin
tulad ng ambon, tulad ng ulan sa tagsibol na dumidilig ng
lupain." 4 Ano ang gagawin ko sa inyo, Efraim? Ano ang
gagawin ko sa inyo, Juda. Ang inyong katapatan ay tulad ng
ulap sa umaga, tulad ng hamog na mabilis na nawawala. 5
Kaya pinutol ko sila ng pira-piraso sa pamamagitan ng mga
propeta, pinatay ko sila ng mga salita ng aking mga bibig.
Ang iyong utos ay tulad ng ilaw na nagliliwanag. 6 Sapagkat
hangad ko ang katapatan at hindi mga handog at ang
aking kaalaman, ang Diyos ay higit pa sa mga susunuging
handog. 7 Tulad ni Adan, sinira nila ang kasunduan; hindi
sila naging tapat sa akin. 8 Ang Gilead ay isang lungsod ng
mga gumagawa ng kasamaan, puno ng bakas ng dugo.
9 Gaya ng pangkat ng mga magnanakaw na naghihintay
sa isang tao, kaya nagsama-sama ang mga pari upang
pumatay sa daan patungong Shekem; nakagawa sila ng
kahiya-hiyang mga kasalanan. 10 Nakita ko sa sambahayan
ng Israel ang mga kakila-kilabot na bagay. Nandoon ang
pagbebenta ng aliw ng Efraim, at nadungisan ang Israel. 11
Sa iyo man, Juda, ay may nakatakdang pag-aani, kapag
naibalik ko na ang mabuting kapalaran ng aking mga tao.

**7** Kapag nais kong pagalingin ang Israel, mabubunyag
ang kasalanan ng Efraim, ganun din ang masamang
mga gawa ng Samaria, sapagkat gumagawa sila ng
panlilinlang, pumasok ang isang magnanakaw at isang
pangkat ng mandarambong ang lumusob sa lansangan. 2
Hindi napagtanto ng kanilang mga puso na naalala ko ang
lahat ng kanilang masasamang gawa. Ngayon, napalibutan
sila ng kanilang masasamang gawa, sila ay nasa aking
harapan. 3 Pinasaya nila ang hari sa kanilang kasamaan
at ang mga opisyal sa kanilang mga kasinungalingan. 4
Mangangalunya silang lahat, tulad ng pinapainit na isang
pugon ng panadero, na humihinto sa paggalaw sa apoy
mula sa pagmamasa hanggang sa pag-alsa nito. 5 Sa
araw ng ating hari, nilasing ng mga opisyal ang kanilang
mga sarili sa pamamagitan ng init ng alak. Iniabot niya ang
kaniyang kamay sa mga nangutya. 6 Sapagkat tulad ng
isang pugon ang kanilang mga puso, binabalangkas nila ang
mapanlinlang nilang mga balak. Magdamag na nagbabaga
ang kanilang galit; nagliliyab ito na tulad ng apoy sa umaga.
7 Mainit silang lahat tulad ng isang pugon, at pinagpapatay
nila ang mga namumuno sa kanila. Bumagsak ang lahat ng
kanilang mga hari; wala kahit isa sa kanila ang tumawag sa
akin. 8 Nakihalo ang Efraim sa mga tao, isang manipis na
tinapay ang Efraim na hindi pa nabaliktad. 9 Inubos ng mga
dayuhan ang kaniyang lakas, ngunit hindi niya ito nalalaman.
Nagkalat ang kaniyang puting buhok, ngunit hindi niya ito
nalalaman. 10 Ang pagmamataas ng Israel ay nagpatotoo
laban sa kaniya; gayunpaman, hindi sila nagbalikloob kay

Yahweh na kanilang Diyos, ni hinanap nila siya, sa kabila
ng lahat ng ito. 11 Tulad ng isang kalapati ang Efraim,
mapaniwalain at walang pang-unawa, tumatawag sa Egipto
at lilipad patungong Asiria. 12 Kapag aalis sila, ilalatag ko sa
kanila ang aking lambat, ibabagsak ko sila tulad ng mga ibon
sa kalangitan. Parurusahan ko sila sa kanilang pagsasama-
sama. 13 Kahabag-habag sila! Dahil kumawala sila mula
sa akin. Darating sa kanila ang pagkawasak! Naghimagsik
sila laban sa akin! Ililigtas ko sana sila, ngunit nagsalita sila
ng kasinungalingan laban sa akin. 14 Hindi sila tumawag
sa akin ng buong puso, ngunit humagulgol sila sa kanilang
mga higaan. Sinusugatan nila ang kanilang mga sarili upang
magkaroon ng trigo at bagong alak at lumayo sila mula sa
akin. 15 Bagama't sinanay ko sila at pinalakas ang kanilang
mga bisig, nagbabalak sila ngayon ng masama laban sa
akin. 16 Bumalik sila, ngunit hindi sila bumalik sa akin, ang
Kataas-taasan. Tulad sila ng isang sirang pana. Babagsak
ang kanilang mga opisyal sa pamamagitan ng espada dahil
sa kawalang-galang ng kanilang mga dila. Magiging dahilan
ito ng pangungutya sa kanila sa lupain ng Egipto.

8 “Maglagay ng isang trumpeta sa inyong mga labi.
Paparating ang isang agila sa aking tahanan, si Yahweh.
Nangyayari ito dahil sinuway ng mga tao ang aking
kasunduan at naghimagsik laban sa aking kautusan. 2
Tumawag sila sa akin, 'Aking Diyos, kami sa Israel ay kilala
ka.' 3 Ngunit tinatalikuran ng Israel kung ano ang mabuti,
at tutugisin siya ng kaniyang kaaway. 4 Nagtalaga sila ng
mga hari, ngunit hindi sa pamamagitan ko, gumawa sila ng
mga prinsipe, ngunit hindi ko nalalaman. Sa pamamagitan
ng kanilang mga pilak at ginto gumawa sila ng mga diyus-
diyosan para sa kanilang mga sarili, ngunit ito ay nangyari
upang sila ay mapapahamak.” 5 Sinabi ng propeta, “itinapon
niya ang inyong guya, Samaria.” sinabi ni Yahweh, “Nagliliyab
ang aking galit laban sa mga taong ito. Hanggang kailan
sila mananatiling marumi? 6 Sapagkat nagmula ang diyus-
diyosang ito sa Israel; ginawa ito ng manggagawa; hindi
ito Diyos! Dudurugin ng pira-piraso ang guya ng Samaria.
7 Sapagkat itinanim ng mga tao ang hangin at umani
ng ipu-ipo. Ang nakatayong trigo ay walang mga uhay;
hindi ito makapagbibigay ng harina. Kung mahihinog man
ito, uubusin ito ng mga dayuhan. 8 Nilunok ang Israel,
ngayon nagsinungaling sila sa mga bansa tulad ng walang
pakinabang. 9 Sapagkat pumunta sila sa Asiria tulad
ng mailap na asno na nag-iisa. Umupa ang Efraim ng
mangingibig para sa kaniyang sarili. 10 Kahit na umupa
sila ng mangingibig sa mga bansa, muli ko silang titipunin.
Sisimulan ko silang itatapon dahil sa pang-aapi ng hari at
mga prinsipe. 11 Sapagkat nagparami ng mga altar ang
Efraim na alayan para sa kasalanan, subalit naging mga
altar ang mga ito para makagawa ng mga kasalanan. 12
Maaari kong isulat ng sampung libong beses ang aking
kautusan para sa kanila, ngunit titingnan lang nila ito tulad
ng isang bagay na kakaiba sa kanila. 13 Patungkol sa mga
alay na mga handog sa akin, nag-alay sila ng karne at
kinain ito, ngunit ako, si Yahweh, ay hindi tinatanggap ang
mga ito. Ngayon alalahanin ko ang kanilang kasamaan
at parurushan ang kanilang mga kasalanan. Babalik sila
sa Egipto. 14 Kinalimutan ako ng Israel, ang kaniyang
manlilikha at nagpatayo ng mga palasyo. Pinatibay ni Juda
ang maraming mga lungsod, ngunit magpapadala ako ng
apoy sa kaniyang mga lungsod at sisirain nito ang kaniyang
mga kuta.

9 Huwag kang magalak, Israel, sa tuwa na tulad ng ibang
mga tao. Sapagkat hindi ka naging tapat, tinalikuran ang
iyong Diyos. Kinagiliwan mo ang magbayad ng sahod na
hinihingi ng isang babaing nagbebenta ng aliw sa lahat ng
mga giikan. 2 Ngunit ang giikan at ang pisaan ng ubas ay
hindi magpapakain sa kanila; bibiguin siya ng bagong alak.
3 Hindi sila patuloy na maninirahan sa lupain ni Yahweh, sa
halip, babalik sa Egipto ang Efraim, at isang araw kakain sila
ng maruming pagkain sa Asiria. 4 Hindi na sila magbubuhos
ng mga handog na alak kay Yahweh, ni hindi na nakalulugod
sa kaniya ang mga ito. Magiging tulad sa pagkain ng
nagluluksa ang kanilang mga alay: ang lahat ng kakain
nito ay magiging marumi. Sapagkat para sa kanila lamang
ang kanilang pagkain, hindi ito makakarating sa tahanan
ni Yahweh. 5 Ano ang gagawin mo sa araw ng itinakdang
kapistahan, sa araw ng kapistahan para kay Yahweh? 6
Sapagkat, tingnan ninyo, kung nakatakas man sila mula
sa pagkawasak, titipunin sila ng Egipto at ililibing sila ng
Memfis. Ang kanilang kayamanan na pilak—matatakpan
ang mga ito ng matatalim na dawag at mapupuno ng mga
tinik ang kanilang mga tolda. 7 Parating na ang mga araw
ng pagpaparusa, parating na ang araw ng paghihiganti.
Hayaang malaman ng buong Israel ang mga bagay ito.
Ang isang propeta ay hangal, nasiraan ng ulo ang lalaking
kinasiyahan, dahil sa labis ng inyong kasamaan at labis
na poot. 8 Ang propeta na kasama ng aking Diyos ay ang
bantay para sa Efraim, ngunit ang patibong sa mga ibon
ay nasa lahat ng kaniyang mga daanan, ang poot para sa
kaniya ay nasa tahanan ng kaniyang Diyos. 9 Lubha nilang
sinira ang kanilang mga sarili tulad sa mga panahon ng
Gibea. Aalalahanin ng Diyos ang kanilang kasamaan at
parurusahan niya ang kanilang mga kasalanan. 10 Sinasabi
ni Yahweh, “Nang natagpuan ko ang Israel, tulad ito ng
paghahanap ng mga ubas sa ilang. Tulad ng unang bunga
sa panahon ng puno ng igos, natagpuan ko ang inyong mga
ama. Ngunit nagpunta sila kay Baal Peor, at ibinigay nila

ang kanilang mga sarili sa kahiya-hiyang diyus-diyosang
iyon. Naging kasuklam-suklam sila tulad ng diyus-diyosan
na kanilang inibig. 11 Patungkol kay Efraim, lilipad na
parang ibon ang kanilang kaluwalhatian. Wala nang isisilang,
wala nang pagbubuntis at wala nang paglilihi. 12 Bagama't
nagkaroon sila ng mga anak, kukunin ko sila upang wala ng
matira sa kanila. Kahabag-habag sila kapag tumalikod ako sa
kanila! 13 Nakita ko ang Efraim, katulad ng Tiro, na naitanim
sa isang parang, ngunit dadalhin ng Efraim ang kaniyang
mga anak sa isang tao na papatay sa kanila." 14 Bigyan
mo sila, Yahweh—ano ang ibibigay mo sa kanila? Bigyan
mo sila ng sinapupunan na makukunan at mga susong
walang gatas. 15 Dahil sa lahat ng kanilang kasamaan sa
Gilgal, doon nagsimula ang aking pagkasuklam sa kanila.
Dahil sa makasalanang mga gawa, paaalisin ko sila sa
aking tahanan. Hindi ko na sila iibigin, suwail ang lahat ng
kanilang mga opisyal. 16 Nagkasakit ang Efraim at natuyo
ang kanilang mga ugat, hindi na sila namumunga. Kahit may
mga anak sila, ilalagay ko ang kanilang minamahal na mga
anak sa kamatayan." 17 Itatakwil sila ng aking Diyos dahil
hindi sila sumunod sa kaniya. Magiging mga palaboy sila sa
mga bansa.

**10** Ang Israel ay isang malagong puno ng ubas na
namumunga. Habang dumarami ang kaniyang bunga,
mas dumarami ang mga altar na kaniyang itinatayo. Habang
namumunga ng marami ang kaniyang lupain, pinapabuti
niya ang kaniyang mga banal na haligi. 2 Mapanlinlang
ang kanilang puso; kinakailangan nila ngayong pasanin ang
kanilang kasalanan. Bubuwagin ni Yahweh ang kanilang
mga altar; at wawasakin niya ang kanilang mga banal na
haligi. 3 Sapagkat sasabihin nila ngayon, "Wala kaming hari,
sapagkat hindi kami natatakot kay Yahweh. At sa isang
hari—ano ang magagawa niya para sa atin?" 4 Nagsalita sila
ng mga salitang walang kabuluhan at gumagawa ng mga
kasunduan sa pamamagitan ng pagsumpa ng hindi totoo.
Kaya lumitaw ang katarungan tulad ng mga nakakalasong
damo sa mga tudling ng isang bukid. 5 Matatakot ang mga
naninirahan sa Samaria dahil sa mga guya ng Beth-aven.
Ipinagluksa sila ng mga tao nito, gaya ng ginawa ng mga
paring sumasamba sa mga diyus-diyosan na nagalak sa
kanila at sa kanilang kaluwalhatian, ngunit wala na sila roon.
6 Dadalhin sila tungo sa Asiria bilang isang kaloob para
sa dakilang hari. Malalagay sa kahihiyan ang Efraim, at
mapapahiya ang Israel dahil sa pagsunod sa mga payo
ng mga diyus-diyosan. 7 Wawasakin ang hari ng Samaria,
tulad ng isang maliit na piraso ng kahoy na nasa ibabaw ng
tubig. 8 Ang mga dambana ng kasamaan—ang kasalanan
ng Israel—ay mawawasak. Tutubo ang mga tinik at mga
dawag sa kanilang mga altar. Sasabihin ng mga tao sa mga
bundok, "Takpan ninyo kami!" at sa mga burol, "Bumagsak
kayo sa amin!" 9 "Israel, nagkasala ka mula pa noong mga
araw ng Gibea; nanatili ka roon. Hindi ba nalampasan ng
digmaan ang mga gumagawa ng kasamaan sa Gibea?
10 Kung nanaisin ko ito, itutuwid ko sila. Magtitipun-tipon
ang lahat ng mga bansa laban sa kanila at gagapusin sila
dahil sa kanilang dalawahang kasamaan. 11 Naturuang
isang dumalagang baka si Efraim na kinagigiliwang mag-
giik ng butil, kaya maglalagay ako ng isang pamatok sa
kaniyang magandang leeg. Lalagyan ko ng pamatok ang
Efraim; mag-aararo ang Juda; si Jacob mismo ang hihila sa
pangsuyod. 12 Magtanim ng katuwiran para sa inyong sarili,
at anihin ang bunga ng matapat na kasunduan. Bungkalin
ninyo ang hindi pa naaararong lupa, sapagkat panahon na
upang hanapin si Yahweh, hanggang sa siya ay dumating at
magpa-ulan ng katuwiran sa inyo. 13 Nag-araro kayo ng
kasamaan; umani kayo ng kawalan ng katarungan. Kinain
ninyo ang bunga ng pandaraya dahil nagtiwala kayo sa
inyong mga plano at sa inyong maraming mga kawal. 14
Kaya isang ingay ng digmaan ang babangon sa gitna ng
inyong mga tao, at ang lahat ng inyong matitibay na mga
lungsod ay mawawasak. Magiging tulad ito sa pagwasak ni
Salman sa Beth-arbel sa araw ng labanan, nang ang mga
ina ay ginutay-gutay ng pira-piraso kasama ng kanilang mga
anak. 15 Kaya mangyayari din ito sa inyo, Bethel, dahil sa
napakalaki mong kasamaan. Tiyak na mamamatay ang hari
ng Israel sa pagsapit ng bukang-liwayway."

**11** Minahal ko noong binata pa si Israel, at tinawag ko ang
aking anak mula sa Egipto. 2 Lalo ko silang tinawag,
lalo silang tumalikod palayo. Nag-alay sila sa mga Baal at
nagsunog ng insenso sa mga diyus-diyosan. 3 Gayunpaman
ako ang nagturo kay Efraim na lumakad. Ako ang nag-angat
sa kanila sa pamamagitan ng kanilang mga bisig, ngunit
hindi nila alam na iniingatan ko sila. 4 Pinangungunahan ko
sila nang mga tali ng sangkatauhan, may mga tali ng pag-
ibig. Katulad ako sa isang tao na nagpapagaan ng pamatok
sa kanilang mga panga, at yumuko ako upang pakainin
sila. 5 Hindi ba sila babalik sa lupain ng Egipto? Hindi
ba mamumuno ang Asiria sa kanila dahil tumanggi silang
bumalik sa akin? 6 Babagsak sa kanilang mga lungsod
ang espada at wawasakin ang mga harang ng kanilang
mga tarangkahan; sisirain sila nito dahil sa kanilang sariling
mga plano. 7 Determinado ang aking mga tao na tumalikod
palayo sa akin. Bagaman tumatawag sila sa akin, Ako na
nasa itaas, walang sinumang tutulong sa kanila. 8 Paano
ba kita isusuko, Efraim? Paano ba kita ibibigay, Israel?
Paano ba kita gagawing katulad sa Adma? Paano ba kita
gagawing katulad sa Zeboim? Nagbago ang saloobin ng
aking puso; naghahalo ang lahat ng aking habag. 9 Hindi ko

isakatuparan ang aking matinding galit; Hindi ko sisiraing muli ang Efraim. Sapagkat ako ay Diyos at hindi isang tao; Ako ang Banal sa kalagitnaan ninyo, at hindi ako darating sa matinding galit. **10** Lalakad silang sumusunod sa akin, Yahweh. Aatungal ako katulad ng isang leon. Sa katunayan aatungal ako, at manginginig na paparito ang mga tao mula sa kanluran. **11** Manginginig sila na paparito katulad sa isang ibon na mula sa Egipto, katulad ng isang kalapati mula sa lupain ng Asiria. Patitirahin ko sila sa kanilang mga bahay." Ito ang pahayag ni Yahweh. **12** Pinalilibutan ako ni Efraim ng kasinungalingan, at panlilinlang ng sangbahayan ng Israel. Ngunit nananatiling sumusunod parin si Juda sa akin, na Diyos, at tapat sa akin, ang Banal."

**12** Pinapakain si Efraim sa hangin at sumusunod sa hanging silangan. Patuloy siyang nagpaparami ng mga kasinungalingan at karahasan. Gumawa sila ng kasunduan kasama ang Asiria at nagdala ng langis ng Olibo sa Egipto. **2** May paratang din si Yahweh laban kay Juda at parurusahan si Jacob sa kaniyang nagawa; magbabayad siya sa kaniyang mga ginawa. **3** Hinawakan ni Jacob sa sinapupunan ng mahigpit ang sakong ng kaniyang kapatid, at sa kaniyang paglaki nakipagbuno siya sa Diyos. **4** Nakipagbuno siya sa Anghel at nanalo. Umiyak siya at humingi ng awa. Nakatagpo niya ang Diyos sa Bethel; at doon nakipag-usap sa kaniya ang Diyos. **5** Si Yahweh ito, ang Diyos ng mga hukbo; "Yahweh" ang kaniyang pangalan na tatawagan. **6** Kaya magbalik-loob ka sa inyong Diyos. Panghawakan ang matapat na kasunduan at katarungan, at patuloy na maghintay sa inyong Diyos. **7** Hindi tama ang timbangan ng mga mangangalakal sa kanilang mga kamay; kinagigiliwan nila ang mandaya. **8** Sinasabi ni Efraim, "Talagang naging napaka-yaman ko; nakahanap ako ng kayamanan para sa aking sarili. Wala silang makitang anumang kasamaan sa akin sa lahat ng aking ginagawa, anumang bagay na kasalanan." **9** Ako si Yahweh na inyong Diyos, na kasama ninyo mula pa sa lupain ng Egipto. Patitirahin ko kayong muli sa mga tolda, katulad nang itinakdang mga araw ng pista. **10** Kinausap ko narin ang mga propeta, at binigyan ko sila ng maraming mga pangitain para sa inyo. Binigyan ko kayo ng mga talinghaga sa pamamagitan ng mga propeta." **11** Kung mayroong kasamaan sa Galaad, tiyak na walang kabuluhan ang mga tao. Nag-aalay sila sa Gilgal ng mga toro; Magiging tulad sa mga tambak na bato na dinaanan ng araro sa mga bukid ang kanilang mga altar. **12** Tumakas si Jacob sa lupain ng Aram; nagtrabaho si Israel upang magkaroon ng asawa; at nangangalaga ng mga kawan ng mga tupa upang magkaroon ng isang asawa. **13** Inilabas ni Yahweh ang Israel mula sa Egipto sa pamamagitan ng isang propeta, at iningatan niya sila sa pamamagitang ng isang propeta. **14** Labis na ginalit ni Efraim si Yahweh. Kaya iiwanan ng kaniyang Panginoon ang kasalanan ng kaniyang dugo sa kaniya at pagbayarin siya sa kaniyang kahiya-hiyang mga gawa.

**13** "Nang nagsalita si Efraim ay mayroong panginginig. Itinaas niya ang kaniyang sarili sa Israel, ngunit siya ay nagkasala dahil sa pagsamba kay Baal, at namatay siya. **2** Ngayon sila ay mas lalong nagkakasala. Gumagawa sila ng mga larawang hinulma mula sa kanilang pilak, mga diyus-dyosan na hanggat maaari ay ginawa ng mahusay, lahat ng mga ito ay gawa ng mga mahuhusay na manggagawa. Sinasabi ng mga tao tungkol sa kanila, 'Ang mga kalalakihang ito na nag-aalay ay humalik sa mga guya.' **3** Kaya sila ay magiging tulad ng ulap sa umaga, tulad ng hamog na nawawala ng maaga, tulad ng ipa na tinatangay ng hangin palayo mula sa giikan, at tulad ng usok na lumalabas mula sa isang pausukan. **4** Ngunit ako si Yahweh na inyong Diyos, na nagpalabas sa inyo mula sa lupain ng Egipto. Wala kang dapat kilalaning Diyos kundi ako; dapat ninyong kilalanin na liban sa akin, wala nang ibang tagapagligtas. **5** Nakilala kita sa ilang, sa lupain ng may malaking katuyuan. **6** Nang kayo ay nagkaroon ng pastulan, saka kayo nabusog; nang kayo ay nabusog, ang inyong puso ay naging mapagmalaki; dahil doon kinalimutan ninyo ako. **7** Naging tulad ako ng isang leon sa kanila; tulad ng isang leopardo, ako ay magbabantay sa tabi ng daan. **8** Sasalakayin ko sila tulad ng isang oso na ninakawan ng kaniyang mga anak. Ialaslasin ko ang kanilang mga dibdib, at doon ay lalapain ko sila tulad ng isang leon— tulad ng isang mabangis na hayop na pipilasin sila ng pira-piraso. **9** Ito ang iyong kapahamakan na darating, Israel, dahil ikaw ay laban sa akin, na tumutulong sa iyo. **10** Nasaan ngayon ang iyong hari, upang mailigtas ka sa lahat ng iyong mga lungsod? Nasaan ang iyong mga pinuno, na sinabi mo sa akin, 'Bigyan mo ako ng hari at mga prinsipe'? **11** Sa aking galit, binigyan kita ng hari, at sa aking poot, tinanggal ko siya. **12** Ang kasamaan ni Efraim ay nakatago; ang kaniyang pagkakasala ay nakatago. **13** Darating sa kaniya ang mga sakit ng panganganak, ngunit siya ay isang hindi matalinong anak, sapagkat sa panahon na isisilang, hindi siya lumabas mula sa sinapupunan. **14** Ililigtas ko ba talaga sila mula sa kapangyarihan ng sheol? Ililigtas ko ba talaga sila mula sa Kamatayan? Kamatayan, nasaan ang iyong mga salot? Dalhin mo sila rito. Sheol, nasaan ang iyong pagwawasak? Dalhin mo ito dito. Nakatago mula sa aking mga mata ang kahabagan." **(Sheol h7585)** **15** Kahit na masagana si Efraim sa kaniyang mga kapatid, darating ang isang hanging silangan; iihip ang hangin ni Yahweh mula sa ilang. Matutuyo ang bukal ni Efraim, at mawawalan ng tubig ang kaniyang balon. Sasamsamin ng kaniyang mga

kaaway ang bawat mamahaling bagay sa kaniyang kamalig.
16 Nagkasala ang Samaria, sapagkat siya ay naghimagsik
laban sa kaniyang Diyos. Mamamatay sila sa pamamagitan
ng espada; ang kanilang mga sanggol ay gugutayin ng pira-
piraso at lalaslasin ang tiyan ng kanilang mga nagdadalang
tao.

14 Manumbalik ka Israel, kay Yahweh na inyong Diyos,
sapagkat ikaw ay bumagsak dahil sa iyong kasamaan.
2 Magpahayag kayo ng mga salita ng pagsisisi at manumbalik
kay Yahweh. Sabihin ninyo sa kaniya, "Tanggalin mo ang
lahat ng aming mga kasamaan at tanggapin mo kami sa
pamamagitan ng iyong habag, upang makapaghandog kami
sa iyo ng aming papuri, ang bunga ng aming mga labi. 3
Hindi kami ililigtas ng Asiria; hindi kami sasakay sa mga
kabayo sa digmaan. Ni magsasabi ng anupaman sa gawa ng
aming mga kamay, 'Kayo ang aming mga diyos,' sapagkat sa
iyo nakatagpo ng habag ang mga taong ulila." 4 Pagagalingin
ko sila kapag manumbalik sila sa akin pagkatapos nila akong
iwan; Malaya ko silang mamahalin, sapagkat nawala na
ang galit ko sa kanila. 5 Magiging tulad ako ng hamog
sa Israel; mamumulaklak siya tulad ng liryo at magkaka-
ugat na tulad sa isang sedar sa Lebanon. 6 Lumatag ang
kaniyang mga sanga; magiging tulad sa mga puno ng olibo
ang kaniyang kagandahan, at ang kaniyang halimuyak na
tulad ng mga sedar sa Lebanon. 7 Babalik ang mga taong
naninirahan sa kaniyang lilim; sila ay muling mabubuhay
tulad ng butil at mamumulaklak tulad ng mga puno ng mga
ubas. Tulad ng alak ng Lebanon ang kaniyang katanyagan.
8 Sasabihin ni Efraim, 'Ano pa ang aking gagawin sa mga
diyus-diyosan? Tutugon ako sa kaniya at pangangalagaan
ko siya. Tulad ako ng isang sipres na ang mga dahon ay
laging luntian; nanggagaling sa akin ang iyong bunga. 9
Sino ang matalino upang maunawaan niya ang mga bagay
na ito? Sino ang nakakaunawa sa mga bagay na ito upang
kaniyang makilala ang mga ito? Sapagkat ang mga daan ni
Yahweh ay matuwid, at ang matuwid ay lalakad sa mga ito,
ngunit ang mga sumusuway ay madadapa sa mga ito.

# Joel

1 Ito ang salita ni Yahweh na dumating kay Joel na anak
ni Petuel. 2 Pakinggan ito, kayong mga nakatatanda, at
makinig kayo, lahat kayong naninirahan sa lupain. Nangyari
na ba ito noon sa inyong panahon o sa panahon ng inyong
mga ninuno? 3 Sabihin ninyo sa inyong mga anak ang
tungkol dito at sabihin ng inyong mga anak sa kanilang mga
anak at ng kanilang mga anak sa susunod na henerasyon. 4
Ang iniwan ng napakaraming nagliliparang balang ay kinain
ng mga malalaking balang, ang iniwan ng mga malalaking
balang ay kinain ng mga tipaklong, at ang iniwan ng mga
tipaklong ay kinain ng mga uod. 5 Gumising kayo, kayong
mga lasenggo at tumangis! Humagulhol kayo, lahat kayong
mga manginginom ng alak dahil ang matamis na alak ay
pinahinto na sa inyo. 6 Sapagkat dumating ang isang
bansang malakas at hindi mabilang sa aking lupain. Ang
kaniyang ngipin ay ngipin ng leon at mayroon siyang ngipin
ng babaeng leon. 7 Ginawa niyang katakot-takot na lugar
ang aking ubasan at tinalupan ang aking puno ng igos.
Binaklas niya ang upak at itinapon ito, ang mga sanga
nito ay namuti. 8 Magluksa kayo gaya ng isang birheng
nakadamit ng telang magaspang dahil sa pagkamatay ng
kaniyang batang asawa. 9 Ang butil na handog at inuming
handog ay pinahinto sa tahanan ni Yahweh. Nagdadalamhati
ang mga paring lingkod ni Yahweh. 10 Winasak ang mga
bukirin at ang lupa ay nagdadalamhati. Sapagkat sinira
ang butil, natuyo ang bagong alak at nabulok ang langis.
11 Mahiya kayo, kayong mga magsasaka at humagulhol
kayo, kayong mga nagpapalaki ng puno ng ubas, para
sa trigo at sebada. Sapagkat namatay ang ani ng mga
bukirin. 12 Nalanta ang mga puno ng ubas at natuyo ang
mga puno ng igos, ang mga puno ng granada, gayon din
ang mga puno ng palma at mga puno ng mansanas— ang
lahat ng puno ng bukirin ay nalanta. Sapagkat nalanta ang
kagalakan mula sa mga kaapu-apuhan ng tao. 13 Magsuot
kayo ng telang magaspang at magdalamhati kayo, kayong
mga pari! Humagulhol kayo, kayong mga lingkod ng altar.
Halikayo, humiga nang buong gabi na nakasuot ng telang
magaspang, kayong mga lingkod ng aking Diyos. Sapagkat
itinigil ang butil na handog at inuming handog sa tahanan ng
inyong Diyos. 14 Magpatawag kayo para sa isang banal
na pag-aayuno at magpatawag kayo para sa isang banal
na pagtitipon. Tipunin ninyo sa tahanan ni Yahweh, na
inyong Diyos, ang mga nakatatanda at lahat ng naninirahan
sa lupain at umiyak kay Yahweh. 15 Oh sa araw na iyon!
Sapagkat ang araw ni Yahweh ay malapit na. Kasama nitong
darating ang pagkawasak na mula sa Makapangyarihan.
16 Hindi ba't nawala sa ating mga paningin ang pagkain,
kagalakan at kasayahan mula sa tahanan ng ating Diyos?
17 Nabulok ang mga buto sa ilalim ng tumpok ng lupa,
pinabayaan ang mga kamalig at giniba ang mga kamalig
sapagkat nalanta ang butil. 18 Ganoon na lamang ang
atungal ng mga hayop! Nagdurusa ang mga kawan ng baka
dahil wala silang pastulan. Ganoon din, ang mga kawan
ng tupa ay nagdurusa. 19 Yahweh, dumadaing ako sa iyo.
Sapagkat nilamon ng apoy ang mga pastulan sa ilang, at
sinunog ng apoy ang lahat ng puno sa parang. 20 Kahit
ang mga hayop sa parang ay nagsisihingal sa iyo, sapagkat
natuyo ang tubig sa batis, at nilamon ng apoy ang mga
pastulan sa ilang.

2 Hipan ninyo ang trumpeta sa Zion, at magpatunog ng
hudyat sa aking banal na bundok! Manginig sa takot ang
lahat ng nakatira sa lupain sapagkat dumarating ang araw ni
Yahweh, tunay nga na ito ay malapit na. 2 Ito ay araw ng
kadiliman at kapanglawan, araw ng mga ulap at makapal na
kadiliman. Katulad ng bukang liwayway na lumalaganap
sa mga bundok, paparating ang napakarami at malakas
na hukbo. Hindi pa nagkaroon ng hukbong ganito at hindi
na muling magkakaroon ng katulad nito, lumipas man ang
maraming henerasyon. 3 Nilalamon ng apoy ang lahat ng
nasa harapan nito at lumiliyab ang apoy sa likuran nito.
Katulad ng hardin ng Eden ang lupain na nasa harapan
nito ngunit sa likuran nito ay wasak na ilang. Tunay nga na
walang makatatakas mula rito. 4 Ang anyo ng hukbo ay
tulad ng mga kabayo, at tumatakbo sila na gaya ng mga
mangangabayo. 5 Tumatalon sila nang may ingay na gaya
ng mga karwahe sa ibabaw ng mga bundok, gaya ng ingay
ng naglalagablab na apoy na tumutupok sa pinaggapasan,
gaya ng napakaraming hukbo na handa para sa labanan.
6 Sa kanilang pagdating, nagdadalamhati ang mga tao at
namumutla ang kanilang mga mukha. 7 Tumatakbo sila na
gaya ng malalakas na mandirigma at inaakyat nila ang mga
pader na gaya ng mga kawal; nagmamartsa sila, ang bawat
isa sa kani-kaniyang hakbang at hindi sila humihiwalay sa
kanilang mga hanay. 8 Hindi sila nagtutulakan, nagmamartsa
sila, bawat isa sa kaniyang daanan, pinapasok nila ang
pananggalang at hindi sila nawawala sa kanilang hanay. 9
Sumusugod sila nang mabilis sa lungsod, tumatakbo sila sa
pader, umaakyat sila sa mga bahay at pumapasok sila sa
mga bintana na gaya ng mga magnanakaw. 10 Nayayanig
ang lupa sa harapan nila, nayayanig ang kalangitan, dumilim
ang araw at buwan at tumigil sa pagningning ang mga
bituin. 11 Pinalakas ni Yahweh ang kaniyang tinig sa harap
ng kaniyang hukbo sapagkat napakarami ng kaniyang
mandirigma, sapagkat sila ay malakas, ang mga gumagawa
ng kaniyang mga utos. Sapagkat ang araw ni Yahweh ay
dakila at nakatatakot. Sino ang makaliligtas dito? 12 "Gayon

pa man," sinabi ni Yahweh, "Manumbalik kayo sa akin nang
buong puso. Mag-ayuno kayo, tumangis at magdalamhati."
13 Punitin ninyo ang inyong puso at hindi lamang ang
inyong mga kasuotan, at manumbalik kay Yahweh na inyong
Diyos. Sapagkat siya ay mapagbigay-loob at maawain, hindi
madaling magalit, sagana sa pagmamahal at nais niyang
tumigil sa pagbibigay ng parusa. 14 Sinong nakakaalam?
Marahil ay manumbalik siya at mahabag, at mag-iwan ng
biyaya sa likuran niya, butil na handog at inuming handog
para kay Yahweh na inyong Diyos. 15 Hipan ninyo ang
trumpeta sa Zion, magpatawag kayo para sa isang banal
na pag-aayuno at magpatawag kayo para sa isang banal
na pagtitipon. 16 Tipunin ninyo ang mga tao, magpatawag
kayo para sa banal na pagtitipon. Tipunin ninyo ang mga
nakatatanda, ang mga bata at ang mga sanggol. Lumabas
ang mga ikakasal na lalaki sa kanilang silid at ang mga
babaeng ikakasal sa kanilang silid. 17 Manangis ang mga
paring lingkod ni Yahweh sa pagitan ng balkonahe at altar.
Sabihin nilang, "Maaawa ka sa iyong mga tao, Yahweh, at
huwag mong dalhin sa kahihiyan ang iyong pamana upang
pamahalaan sila ng mga bansa. Bakit sasabihin ng mga
bansa, nasaan ang kanilang Diyos?" 18 At si Yahweh ay
masikap para sa kaniyang lupain at naawa sa kaniyang
mga tao. 19 Sumagot si Yahweh sa kaniyang mga tao,
"Tingnan ninyo, magpapadala ako sa inyo ng butil, bagong
alak at langis. Masisiyahan kayo sa mga ito at hindi ko na
kayo gagawing kahiya-hiya sa mga bansa. 20 Aalisin ko
ang hilagang mananalakay mula sa inyo at itataboy sila sa
tuyo at pinabayaang lupain. Ang unahan ng kanilang hukbo
ay pupunta sa silangang dagat at ang kanilang hulihan ay
sa kanlurang dagat. Aalingasaw ang baho at masamang
amoy nito. Gagawa ako ng mga dakilang bagay." 21 Huwag
matakot, lupain, matuwa at magalak sapagkat gumawa si
Yahweh ng mga dakilang bagay. 22 Huwag kayong matakot,
mga hayop sa parang, sapagkat tutubo ang mga pastulan
sa ilang, mamumunga ang mga puno at mamumunga ng
maraming ani ang mga puno ng igos at ubas. 23 Matuwa
kayo, mga tao ng Zion at magalak kay Yahweh na inyong
Diyos. Sapagkat ibibigay niya sa inyo ang ulan ng taglagas
sa nararapat na sukat at pabababain ang ulan para sa inyo,
ang ulan ng taglagas at ang ulan ng tagsibol katulad noon.
24 Mapupuno ng trigo ang mga giikan, aapaw ang mga
lalagyan ng bagong alak at langis. 25 "Ibabalik ko sa inyo
ang mga taon ng mga pananim na kinain ng napakaraming
nagliliparang mga balang, ng mga malalaking balang, ng
mga tipaklong, at ng mga uod, ang aking malakas na hukbo
na aking ipinadala sa inyo. 26 Kakain kayo nang sagana at
mabubusog, at pupurihin ninyo ang pangalan ni Yahweh
na inyong Diyos na gumawa ng mga kamangha-mangha
sa inyo at hindi ko na muling ilalagay sa kahihiyan ang
aking bayan. 27 Malalaman ninyo na ako ay nasa Israel,
na ako si Yahweh na inyong Diyos, at wala ng iba, at hindi
ko na muling ilalagay sa kahihiyan ang aking bayan. 28 At
mangyayari pagkatapos, ibubuhos ko ang aking Espiritu sa
lahat ng laman, at maghahayag ng propesiya ang inyong
mga anak na lalaki at babae. Mananaginip ng mga panaginip
ang inyong mga matatandang lalaki, makakakita ng mga
pangitain ang inyong mga kabataang lalaki. 29 Gayon din
sa mga utusan at babaeng utusan, ibubuhos ko ang aking
Espiritu sa mga araw na iyon. 30 Magpapakita ako ng mga
kamangha-mangha sa kalangitan at sa lupa ng dugo, apoy
at mga haligi ng usok. 31 Magiging kadiliman ang araw at
dugo ang buwan, bago dumating ang dakila at kakila-kilabot
na araw ni Yahweh. 32 Mangyayari na ang lahat ng tatawag
sa pangalan ni Yahweh ay maliligtas. Sapagkat may mga
makatatakas sa Bundok ng Zion at sa Jerusalem, gaya ng
sinabi ni Yahweh, at sa mga makaliligtas, ang mga tinawag
ni Yahweh.

**3** Tingnan ninyo, sa mga araw na iyon at sa oras na iyon,
kapag ibinalik ko ang pagkakabihag ng mga Juda at
Jerusalem, 2 titipunin ko ang lahat ng mga bansa at dadalhin
sila pababa sa bayan ni Jehoshafat. Hahatulan ko sila doon,
dahil sa aking mga tao at ang aking tagapagmanang Israel
na kanilang ikinalat sa mga bansa at dahil hinati-hati nila
ang aking lupain. 3 Nagpalabunutan sila para sa aking mga
tao, ipinagpalit ang batang lalaki para sa nagbebenta ng
aliw at ipinagbili ang batang babae para sa alak upang sila
ay makainom. 4 Ngayon, bakit kayo nagagalit sa akin mga
taga-Tiro, Sidon at sa lahat ng nasa rehiyon ng Filistea?
Gagantihan ba ninyo ako? Kahit pa gumanti kayo sa akin,
kaagad kong ibabalik ang paghihiganti sa inyong mga
sariling ulo. 5 Sapagkat kinuha ninyo ang aking pilak at ang
aking ginto, at idinala ninyo ang aking mga mahahalagang
kayamanan sa inyong mga templo. 6 Ipinagbili ninyo ang
mga tao ng Juda at Jerusalem sa mga Griego, upang
mailayo ninyo sila sa kanilang lupain. 7 Tingnan ninyo,
paaalisin ko na sila mula sa mga lugar kung saan ninyo
sila ipinagbili at ibabalik ko sa inyong mga ulo ang inyong
ganti. 8 Ipagbibili ko ang inyong mga anak sa pamamagitan
ng mga kamay ng mga tao ng Juda. Ipagbibili sila sa mga
Sabeo, isang malayong bansa sapagkat ito ang sinabi ni
Yahweh. 9 Ipahayag ninyo ito sa mga bansa: 'Ilaan ninyo ang
inyong sarili para sa isang digmaan, gisingin ninyo ang mga
malalakas na kalalakihan, hayaan silang lumapit at hayaang
sumalakay ang lahat ng mandirigma. 10 Gawin ninyong mga
espada ang inyong mga araro at ang inyong mga pangtabas
na mga sibat. Hayaang sabihin ng mga mahihina, "Ako ay
malakas." 11 Magmadali kayo at pumarito, kayong mga

karatig bansa at magtipun-tipon kayo.' Ipadala mo doon ang
iyong mga malalakas na mandirigma, Yahweh. **12** Hayaan
mong gisingin ng mga bansa ang kanilang mga sarili at
pumunta sa lambak ni Jehoshafat. Sapagkat doon ako uupo
upang hatulan ang lahat ng nakapalibot na mga bansa. **13**
Gamitin ninyo ang karit dahil hinog na ang ani. Halikayo,
durugin ninyo ang mga ubas dahil puno na ang mga pigaan
ng ubas, umaapaw na ang mga kawa dahil katakut-takot
ang kanilang kasamaan. **14** Mayroong kaguluhan, isang
kaguluhan sa lambak ng Paghuhukom. Dahil ang araw ni
Yahweh ay malapit sa lambak ng Paghuhukom. **15** Didilim
ang araw at buwan, mawawalan ng liwanag ang mga bituin.
**16** Sisigaw si Yahweh mula sa Zion, at lalakas ang kaniyang
tinig mula sa Jerusalem. Mayayanig ang kalangitan at lupa,
ngunit si Yahweh ang magiging kanlungan ng kaniyang
mga tao at sandigan para sa mga tao ng Israel. **17** “Upang
malaman ninyo na ako si Yahweh ang inyong Diyos na
nananahan sa Zion, sa aking banal na bundok. At magiging
banal ang Jerusalem, at wala nang hukbo ang muling
sasalakay pa sa kaniya. **18** At mangyayari nga sa araw na
iyon na papatak ang matamis na alak sa mga bundok, aapaw
ang gatas sa mga burol, dadaloy ang tubig sa lahat ng mga
batis ng Juda, at isang bukal ang manggagaling sa tahanan
ni Yahweh at didiligan ang lambak ng Acacia. **19** Magiging
wasak na lugar ang Egipto at magiging napabayaang ilang
ang Edom dahil sa ginawa nilang karahasan sa mga tao
ng Juda, dahil nagpadanak sila ng dugo ng mga walang
kasalanan sa kanilang lupain. **20** Ngunit mananahan ang
Juda magpakailanman, at mananahan ang mga salinlahi ng
Jerusalem. **21** Ipaghihiganti ko ang kanilang dugo na hindi ko
pa naipaghiganti,” sapagkat nananahan si Yahweh sa Zion.

# Amos

**1** Ito ang mga bagay tungkol sa Israel na natanggap sa
pamamagitan ng pagpapahayag kay Amos na isa sa
mga pastol sa Tekoa. Natanggap niya ang mga bagay na ito
noong panahon ni Uzias na hari ng Juda, at sa panahon din
ni Jeroboam na anak ni Joas na hari ng Israel, dalawang
taon bago ang lindol. **2** Sinabi niya, "Umaatungal si Yahweh
mula sa Zion; nilakasan niya ang kaniyang tinig mula sa
Jerusalem. Ang mga pastulan ng mga pastol ay nagluluksa,
ang tuktok ng Carmelo ay nalalanta." **3** Ito ang sinasabi ni
Yahweh: "Dahil sa tatlong kasalanan ng Damasco, kahit na
apat pa, hindi ko babawiin ang kaparusahan, sapagkat giniik
nila ang Gilead sa pamamagitan ng mga instrumentong
bakal. **4** Magpapadala ako ng apoy sa bahay ni Hazael, at
tutupukin nito ang mga tanggulan ng Ben-Hadad. **5** Babaliin
ko ang mga bakal na tarangkahan ng Damasco at tatalunin
ang lalaking naninirahan sa Biqat Aven, at maging ang
lalaking humahawak sa setro mula sa Beth-eden; ang mga
taga-Aram ay mabibihag sa Kir," sabi ni Yahweh. **6** Ito ang
sinasabi ni Yahweh: "Dahil sa tatlong kasalanan ng Gaza,
o kahit na apat pa, hindi ko babawiin ang kaparusahan,
dahil kinuha nilang bihag ang lahat ng mga tao upang
ipasakamay sila sa Edom. **7** Magpapadala ako ng apoy sa
mga pader ng Gaza at tutupukin nito ang kaniyang mga
tanggulan. **8** Lilipulin ko ang lalaking naninirahan sa Asdod
at ang lalaking humahawak sa setro mula sa Ashkelon.
Ibabaling ko ang aking kamay laban sa Ekron at ang ibang
mga Filisteo ay mamamatay," sabi ng Panginoong Yahweh.
**9** Ito ang sinasabi ni Yahweh: "Dahil sa tatlong kasalanan ng
Tiro, kahit na apat pa, hindi ko babawiin ang kaparusahan,
dahil ipinasakamay nila ang buong pangkat ng mga tao sa
Edom at sinira nila ang kanilang kasunduan ng kapatiran.
**10** Magpapadala ako ng apoy sa mga pader ng Tiro, at
tutupukin nito ang kaniyang mga tanggulan." **11** Ito ang
sinasabi ni Yahweh, "Dahil sa tatlong kasalanan ng Edom,
kahit na apat pa, hindi ko babawiin ang kaparusahan, dahil
tinugis niya ang kaniyang kapatid ng espada at hindi man
lang naawa. Nagpatuloy ang kaniyang matinding galit at
ang kaniyang poot ay tumagal nang walang hanggan. **12**
Magpapadala ako ng apoy sa Teman, at tutupukin nito ang
mga palasyo ng Bozra." **13** Ito ang sinasabi ni Yahweh,
"Dahil sa tatlong kasalanan ng mga Ammonita, kahit na apat
pa, hindi ko babawiin ang kaparusahan, dahil nilaslas nila
ang tiyan ng mga buntis na kababaihang Gilead, upang
maaari nilang palawakin ang kanilang mga nasasakupan.
**14** Magsisindi ako ng apoy sa mga pader ng Rabba, at
tutupukin nito ang mga palasyo, na may kasamang sigaw sa
araw ng labanan, na may kasamang bagyo sa araw ng ipu-
ipo. **15** Ang kanilang hari at ang kaniyang mga opisyal ay
sama-samang mabibihag," sabi ni Yahweh.

**2** Ito ang sinasabi ni Yahweh: "Dahil sa tatlong kasalanan
ng Moab, kahit na apat pa, hindi ko babawiin ang
kaparusahan, dahil sinunog niya ang mga buto ng hari
ng Edom hanggang sa naging apog. **2** Magpapadala ako
ng apoy sa Moab at tutupukin nito ang mga tanggulan ng
Keriot. Mamamatay ang mga taga-Moab sa isang kaguluhan,
na may sigaw at may tunog ng trumpeta. **3** Sisirain ko
ang hukom sa kaniya, at papatayin ko ang lahat ng mga
prinsipeng kasama niya," sabi ni Yahweh. **4** Ito ang sinasabi
ni Yahweh: "Dahil sa tatlong kasalanan ng Juda, kahit na
apat pa, hindi ko babawiin ang kaparusahan, dahil hindi
nila sinunod ang kautusan ni Yahweh at hindi iningatan ang
kaniyang mga palatuntunan. Ang kanilang kasinungalingan
ang naging sanhi ng kanilang pagkakasala, katulad ng
tinahak ng kanilang mga ama. **5** Magpapadala ako ng apoy
sa Juda at tutupukin nito ang mga tanggulan ng Jerusalem."
**6** Ito ang sinasabi ni Yahweh: "Dahil sa tatlong kasalanan ng
Israel, kahit na apat pa, hindi ko babawiin ang kaparusahan,
dahil ibinenta nila ang mga walang kasalanan para sa pilak
at ang nangangailangan ay para sa pares ng sandalyas.
**7** Tinatapakan nila ang ulo ng mga mahihirap gaya nang
pagtapak ng mga tao sa alikabok sa lupa; palayo nilang
ipinagtutulakan ang naapi. Ang mag-ama ay sumisiping
sa iisang babae at nilalapastangan ang aking banal na
pangalan. **8** Nahiga sila sa tabi ng bawat altar sa ibabaw ng
kasuotang kinuha bilang mga panunumpa, at sa tahanan ng
Diyos ay ininom nila ang alak na multa. **9** Kaya winasak
ko ang mga Amoreo sa harap nila, na kasingtaas ng puno
ng sedar; siya ay kasinglakas ng ensina. Ngunit winasak
ko ang kaniyang bunga sa taas at kaniyang mga ugat sa
ilalim. **10** Gayundin, inilabas ko kayo sa lupaing Egipto at
pinangunahan ko kayo sa ilang ng apatnapung taon upang
maangkin ninyo ang lupain ng mga Amoreo. **11** Pumili ako
ng mga propetang mula sa inyong mga anak na lalaki at mga
Nazareo mula sa inyong mga nakababatang kalalakihan.
Hindi ba tama iyon, mga Israelita? —ito ang pahayag ni
Yahweh." **12** "Ngunit hinimok ninyo ang mga Nazareo upang
inumin ang alak at inutusan ang mga propetang huwag
magpropesiya. **13** Tingnan ninyo, dudurugin ko kayo gaya ng
pagdurog ng kariton na puno ng butil na maaaring durugin
ang sinuman. **14** Ang mabilis na tao ay hindi makakatakas;
ang malakas ay hindi na madadagdagan pa ang kaniyang
kalakasan; maging ang magiting ay hindi niya maililigtas ang
kaniyang sarili. **15** Ang mamamana ay hindi makatatayo;
ang pinakamabilis tumakbo ay hindi makakatakas; ang
mangangabayo ay hindi niya maililigtas ang kaniyang sarili.
**16** Kahit na ang mga pinakamatapang na mandirigma ay

tatakas na hubad sa araw na iyon—ito ang pahayag ni
Yahweh."

**3** Pakinggan ninyo ang salitang ito na sinabi ni Yahweh
laban sa inyong mga Israelita, laban sa buong pamilya na
aking inilabas sa lupain ng Egipto, **2** Kayo lamang ang pinili
ko sa lahat ng mga pamilya sa lupa. Dahil dito parurusahan ko
kayo sa inyong mga kasalanan. **3** Lalakad bang magkasama
ang dalawa nang walang pinagkasunduan? **4** Umaatungal
ba ang isang leon sa gubat kapag wala itong nabiktima?
Umuungol ba ang isang batang leon sa kaniyang yungib
kung wala siyang nahuling anuman? **5** Mabibitag ba ang
isang ibon sa lupa kung walang paing nakahanda sa kaniya?
Iigkas ba ang isang bitag sa lupa kung wala itong nahuling
anuman? **6** Tutunog ba ang trumpeta sa lungsod at hindi
manginginig sa takot ang mga tao? Darating ba ang sakuna
sa isang lungsod kung hindi si Yahweh ang nagpadala
nito? **7** Tiyak na walang gagawing anuman ang Panginoong
Yahweh hanggang hindi niya naipapahayag ang kaniyang
plano sa kaniyang mga lingkod na mga propeta. **8** Ang
leon ay umatungal; sino ang hindi matatakot? Nagsalita ang
Panginoong Yahweh; sino ang hindi magpapahayag? **9**
Ipahayag ito sa mga tanggulan ng Asdod at sa mga tanggulan
sa lupain ng Egipto; na sinabi: "Magtipon-tipon kayo sa mga
bundok ng Samaria at tingnan ninyo kung ano ang malaking
kaguluhan at pang-aapi ang nasa kaniya. **10** Sapagkat hindi
nila alam kung paano gumawa ng mabuti"—Ito ang pahayag
ni Yahweh—"Nag-ipon sila ng pagkawasak at kasiraan
sa kanilang mga tanggulan." **11** Kaya, ito ang sinasabi
ng Panginoong Yahweh: "Isang kaaway ang papalibot sa
inyong lupain. Ibabagsak ang inyong pinatibay na moog at
lolooban ang inyong mga tanggulan." **12** Ito ang sinasabi ni
Yahweh: Gaya ng pagsagip ng pastol sa bunganga ng leon
na dalawang hita lamang ang makukuha o isang piraso ng
tenga, kaya ang masasagip ng mga Israelita na naninirahan
sa Samaria ay kapiraso ng sopa lamang o isang piraso ng
pantakip sa higaan." **13** Pakinggan at magpatotoo laban sa
sambahayan ni Jacob—ito ang pahayag ng Panginoong
Yahweh na Diyos ng mga hukbo. **14** "Sapagkat sa araw
na parurursahan ko ang Israel sa kanilang mga kasalanan,
parurusahan ko rin ang mga altar ng Bethel. Ang mga
sungay sa altar ay mapuputol at babagsak sa lupa. **15**
Wawasakin ko ang bahay na para sa taglamig kasama ang
bahay para sa tag-init. Ang mga bahay na gawa sa garing
ay mawawala, at ang malalaking mga bahay ay mawawala
rin,"—Ito ang pahayag ni Yahweh.

**4** Pakinggan ninyo ang salitang ito, kayong mga baka
sa Bashan, kayong nasa bundok ng Samaria, kayo na
nagmamalupit sa mga mahihirap, kayo na nagkakait sa
mga nangangailangan, kayo na nagsasabi sa inyong mga
asawang lalaki, "Dalhan ninyo kami ng maiinom." **2** Ang
Panginoong Yahweh ay sumumpa sa pamamagitan ng
kaniyang kabanalan: "Tingnan ninyo, darating ang mga araw
na kukunin nila kayo sa pamamagitan ng mga kalawit, ang
mga huli sa inyo ay bibingwitin. **3** Makakalabas kayo sa
mga nasirang pader ng lungsod, bawat isa na magpapatuloy
palabas dito, at kayo ay itatapon sa Harmon—ito ang pahayag
ni Yahweh." **4** Pumunta kayo sa Bethel at magkasala,
sa Gilgal at magparami ng kasalanan. Dalhin ninyo ang
inyong mga handog tuwing umaga, ang inyong mga ikapu
sa bawat ikatlong araw. **5** Mag-alay ng handog pasasalamat
na may tinapay; ipaalam ang kusang-loob na paghahandog.
Sasabihin ninyo sa kanila, sapagkat ito ay nakalulugod sa
inyo, kayong mga Israelita—ito ang pahayag ng Panginoong
si Yahweh." **6** "Ibinigay ko sa inyo ang kalinisan ng mga
ngipin sa lahat ng inyong mga lungsod at kakulangan ng
tinapay sa lahat ng inyong mga lugar. Gayunpama'y hindi
kayo bumalik sa akin—Ito ang pahayag ni Yahweh." **7**
"Pinigilan ko din ang ulan sa inyo nang mayroon pang tatlong
buwan para mag-ani. Nagpaulan ako sa isang lungsod, at
sa ibang lungsod ay hindi ko pinaulan. Sa isang bahagi ng
lupain ay naulanan, ngunit sa isang bahagi ng lupain na
hindi naulanan ay natuyo. **8** Nagpagala-gala ang dalawa o
tatlong lungsod sa ibang lungsod upang uminom ng tubig,
ngunit hindi sila nasiyahan. Ngunit hindi pa rin kayo bumalik
sa akin—ito ang ang pahayag ni Yahweh." **9** "Pahihirapan
ko kayo ng pagkalanta at amag. Marami sa inyong mga
halamanan, ng inyong mga ubasan, ng inyong mga puno ng
igos at olibo—kakainin silang lahat ng balang. Gayunpama'y
hindi pa rin kayo bumalik sa akin—Ito ang pahayag ni
Yahweh." **10** Pinadala ko sa inyo ang salot na gaya sa Egipto.
Pinatay ko sa espada ang inyong mga kabataang lalaki,
kinuha ang inyong mga kabayo, at ginawa kong mabaho
ang inyong kampo na umabot sa inyong mga pang-amoy.
Gayunpama'y hindi kayo bumalik sa akin—Ito ang pahayag
ni Yahweh." **11** "Sinira ko ang inyong mga lungsod, gaya ng
pagsira ng Diyos sa Sodoma at Gomorra. Katulad kayo ng
nasusunog na patpat na hinango sa apoy. Gayunpama'y
hindi pa rin kayo bumalik sa akin—Ito ang pahayag ni
Yahweh." **12** "Dahil dito gagawa ako ng kakila-kilabot na
bagay sa inyo, Israel; at dahil sa gagawin kong kakila-kilabot
na bagay, maghanda kayo upang harapin ang inyong Diyos,
Israel! **13** Kaya, tingnan ninyo, ang bumuo sa mga bundok
pati na rin ang lumikha ng hangin, nagpahayag ng kaniyang
kaisipan sa sangkatauhan, ang nagpapadilim ng umaga,
at tumutungtong sa mga matataas na lugar sa Lupa." Ang
kaniyang pangalan ay Yahweh, Diyos ng mga hukbo.

**5** Pakinggan ninyo ang mga salitang ito na itinataghoy ko
sa inyo, o sambahayan ng Israel. **2** Bumagsak na ang
birheng Israel; hindi na siya muling makatatayo; pinabayaan
siya sa kaniyang bayan; at wala ni isang tutulong upang itayo
siya. **3** Sapagkat ito ang sinasabi ng Panginoong Yahweh:
“Ang lungsod na isang libo ang lalabas ay isang daan ang
matitira, at ang isa na lalabas na may isang daan ay sampu
ang matitira na pagmamay-ari ng sambayanan ng Israel.” **4**
Sapagkat ito ang sinasabi ni Yahweh sa sambahayan ng
Israel: “Hanapin ako at mabuhay! **5** Huwag hanapin ang
Bethel; ni pumasok sa Gilgal, at huwag dumaan sa Beer-
seba. Dahil tiyak na bibihagin ang Gilgal, at magdadalamhati
ang Bethel. **6** Hanapin si Yahweh at mabuhay, kung hindi,
magliliyab siya na parang apoy sa tahanan ni Jose. Ito
ay tutupok, at wala kahit isa na makapapatay nito sa
Bethel. **7** Ang mga taong ginagawang mapait na bagay
ang katarungan at itinatapon sa lupa ang katuwiran!” **8**
Nilikha ng Diyos ang Pleyades at Orion; ginawa niyang
umaga ang dilim; pinagdidilim niya ang araw na maging gabi
at tinawag niya ang mga tubig sa dagat; ibinubuhos niya
ang mga iyon sa ibabaw ng mundo. Yaweh ang kaniyang
pangalan! **9** Nagdudulot siya ng biglang pagkawasak sa
malalakas upang sa gayon masisira ang mga tanggulan **10**
Kinamumuhian nila ang sinumang magtuwid sa kanila sa
tarangkahan ng lungsod at kinapopootan nila ang sinumang
magsasabi ng katotohanan. **11** Dahil tinatapakan ninyo ang
mahihirap at kinukuha ninyo ang mga bahagi ng trigo mula
sa kanila—at kahit na nagtayo kayo ng mga bahay na
gawa sa bato, hindi ninyo matitirahan ang mga ito. Mayroon
kayong masaganang ubasan, ngunit hindi ninyo maiinom
ang mga alak nito. **12** Sapagkat alam ko kung gaano karami
ang inyong nagawang pagkakasala at kung gaano karami
ang inyong mga kasalanan—kayo na nagpapahirap sa
mga matutuwid, tumatanggap ng mga suhol, at tinalikuran
ang mga nangangailangan sa tarangkahan ng lungsod. **13**
Kaya sinumang taong matino ang pag-iisip ay tatahimik
sa panahong iyon, sapagkat panahon ito ng kasamaan.
**14** Hanapin ang mabuti at hindi ang masama, upang kayo
ay mabuhay. Upang si Yahweh, na Diyos ng mga hukbo,
ay tiyak na makakasama ninyo, tulad ng inyong sinabi. **15**
Kamuhian ang kasamaan, ibigin ang mabuti, magtatag kayo
ng katarungan sa tarangkahan ng lungsod. Baka sakaling
mahabag si Yahweh, ang Diyos ng mga hukbo, sa mga
nalalabi ni Jose. **16** Kaya, ito ang sinasabi ni Yahweh, ang
Diyos ng mga hukbo, ang Panginoon: “May tumataghoy
sa lahat ng mga liwasan, at sasabihin nila sa lahat ng
lansangan, 'Aba! Aba!' Tatawagin nila ang mga magsasaka
upang magluksa at ang mga mangluluksa upang managhoy.
**17** May tumatangis sa lahat ng ubasan, sapagkat dadaan ako
sa kalagitnaan ninyo,” sabi ni Yahweh. **18** Aba sa inyo na
naghahangad sa araw ni Yahweh! Bakit ninyo hinahangad
ang araw ni Yahweh? Ito ay kadiliman at hindi liwanag. **19**
Gaya ng isang tao na tinatakasan niya ang isang leon at
isang oso ang sumasalubong sa kaniya, o kaya pumapasok
siya sa tahanan at inihawak ang kaniyang kamay sa pader
at isang ahas ang tutuklaw sa kaniya. **20** Hindi ba kadiliman
ang araw ni Yahweh at hindi liwanag? Makulimlim at walang
liwanag? **21** “Kinamumuhian ko, at kinasusuklaman ko ang
inyong mga kapistahan, hindi ako nasisiyahan sa inyong
mga taimtim na mga pagpupulong. **22** Kahit na ihandog
ninyo sa akin ang inyong mga handog na susunugin at
mga handog na butil, hindi ko tatanggapin ang mga iyan,
ni hindi ko titingnan ang mga pinataba ninyong hayop na
ihahandog ninyong pangkapayapaan. **23** Huwag ninyong
iparinig ang ingay ng inyong mga awit; hindi ko pakikinggan
ang mga tunog ng inyong mga alpa. **24** Sa halip, paaagusin
ninyo ang katarungan na tulad ng tubig na umaagos, at
paaagusin ninyo ang katuwiran tulad ng batis na patuloy sa
pag-agos. **25** Kayong mga sambahayan ni Israel, nagdala ba
kayo ng mga alay at mga handog ninyo sa akin sa ilang ng
apatnapung taon? **26** Bubuhatin ninyo si Sakut bilang inyong
hari, at si Kaiwan, na bituwing diyus-diyosan ninyo—mga
diyos diyusan na ginawa ninyo para sa inyong sarili. **27** Kaya
ipabibihag ko kayo sa kabila ng Damasco,” sabi ni Yahweh,
na ang pangalan ay ang Diyos ng mga hukbo.

**6** Aba sa mga taong panatag sa Zion, at sa mga taong ligtas
na nasa burol ng bansang Samaria, ang mga tanyag na
kalalakihang pinakamahuhusay sa mga bansa, na silang
hinihingian ng tulong ng sambahayang Israel! **2** Sinasabi ng
inyong mga pinuno, “Pumunta kayo sa Calne at tingnan ninyo;
mula roon pumunta kayo sa Hamat, ang tanyag na lungsod;
pagkatapos bumaba kayo sa Gat ng mga Filisteo. Mas mabuti
ba sila kaysa sa dalawa ninyong kaharian? Mas malawak ba
ang kanilang nasasakupan kaysa sa inyong nasasakupan?”
**3** Aba sa inyong nagpapaliban ng araw ng kapahamakan at
naglalapit sa trono ng karahasan. **4** Humihiga sila sa mga
higaang gawa sa garing at nagpapahinga sa kanilang mga
malalambot na upuan. Kinakain nila ang mga batang tupa
mula sa kawan at mga pinatabang guya mula sa kuwadra.
**5** Umaawit sila ng mga walang kabuluhang mga awitin sa
tugtugin ng alpa; gumagawa sila ng mga pansarili nilang
instrumento gaya ng ginawa ni David. **6** Umiinom sila ng alak
mula sa mga mangkok at pinahiran ang kanilang mga sarili
ng mga pinakapurong langis, ngunit hindi sila nagluluksa sa
pagkawasak ni Jose. **7** Kaya dadalhin silang bihag ngayon
kasama ng mga naunang bihag, at ang mga pista ng mga
nagpapahinga ay lilipas na. **8** Ako, ang Panginoong Yahweh,
ang mismong nangako —ito ang pahayag ng Panginoong

Yahweh, ang Diyos ng mga hukbo: “Kinamumuhian ko ang
pagmamalaki ni Jacob. Kinamumuhian ko ang kaniyang mga
tanggulan. Samakatuwid ipapasakamay ko ang lungsod
kasama ang lahat ng nasa loob nito.” 9 At mangyayari
na kung may sampung kalalakihang naiwan sa isang
bahay, mamamatay silang lahat. 10 Kapag dumating ang
kamag-anak ng isang lalaki upang kunin ang kanilang
mga bangkay—na magsusunog sa kanilang mga bangkay
pagkatapos nitong ilabas sa bahay—kung sasabihin niya sa
taong nasa loob ng bahay na, “Mayroon ka bang kasama?”
At kapag sumagot ang taong iyon ng, “Wala,” kung gayon,
sasabihin niya, “Tumahimik ka, dahil hindi natin dapat
banggitin ang pangalan ni Yahweh.” 11 Sapagkat, tingnan
ninyo, magbibigay si Yahweh ng utos, at madudurog sa
maliliit na mga piraso ang malaking bahay at pagpipira-
pirasuhin ang maliliit na bahay. 12 Tumatakbo ba ang mga
kabayo sa mga mabatong bangin? May nag-aararo bang
baka roon? Ngunit ginawa ninyong lason ang katarungan at
kapaitan ang bunga ng katuwiran. 13 Kayong mga nagagalak
sa Lo Debar, na nagsasabi, “Hindi ba namin nasakop
ang Karnaim sa aming sariling kalakasan?” 14 “Ngunit
tingnan ninyo, pipili ako ng isang bansang laban sa inyo,
sambahayan ni Israel”—ito ang pahayag ng Panginoong
Yahweh, ang Diyos ng mga hukbo. “Pahihirapan nila kayo
mula sa Lebo Hamat hanggang sa batis ng Araba.”

**7** Ito ang ipinakita sa akin ng Panginoong si Yahweh.
Tingnan, lumikha siya ng isang pulutong ng mga balang
nang magsimula ang tagsibol ng mga pananim, at, tingnan,
ito ang huling pananim pagkatapos ng pag-ani ng hari. 2
Nang matapos nitong kainin ang mga halaman sa lupain,
pagkatapos sinabi ko, “Panginoong Yahweh, isinasamo ko
patawarin mo sila; paano makaliligtas si Jacob? sapagkat
napakaliit niya.” 3 Nahabag si Yahweh tungkol dito.
“Hindi ito mangyayari,” sinabi niya. 4 Ito ang ipinakita
sa akin ng Panginoong Yahweh: Tingnan, tumawag ang
Panginoong Yahweh ng apoy upang humatol. Tinuyo nito ang
napakalawak, malalim na tubig sa ilalim ng lupa at sisirain
pati na rin ang kalupaan. 5 Ngunit sinabi ko, “Panginoong
Yahweh, isinasamo ko na itigil mo na; paano makaliligtas si
Jacob? Sapagkat napakaliit niya.” 6 Nahabag si Yahweh
tungkol dito. “Hindi rin ito mangyayari,” sinabi ng Panginoong
Yahweh. 7 Ito ang ipinakita niya sa akin: Tingnan, nakatayo
ang Panginoon sa gilid ng isang pader, na may isang hulog
sa kaniyang kamay. 8 Sinabi ni Yahweh sa akin. “Amos,
ano ang nakikita mo?” sinabi ko, “Isang hulog.” Pagkatapos
sinabi ng Panginoon, “Tingnan mo, ilalagay ko ang isang
hulog kasama ng aking mga taong Israelita. Hindi ko na
sila kaaawaan pa. 9 Mawawasak ang matataas na lugar
ni Isaac, masisira ang mga santuwaryo ni Israel, at tatayo
ako laban sa sambahayan ni Jeroboam na may kasamang
espada.” 10 Pagkatapos si Amazias na pari ng Bethel,
nagpadala ng isang mensahe kay Jeroboam na hari ng
Israel: “Nakipagsabwatan si Amos laban sa iyo sa pagitan
ng sambahayan ni Israel. Hindi kayang pasanin ng lupain
ang lahat ng kaniyang mga salita. 11 Sapagkat ito ang sinabi
ni Amos: 'Mamamatay si Jeroboam sa pamamagitan ng
espada, at tiyak na dadalhing bihag ang Israel palayo sa
kaniyang lupain.'” 12 Sinabi ni Amazias kay Amos. “Propeta,
humayo ka, tumakbo ka pabalik sa lupain ng Juda, at doon
ka kumain ng tinapay at magpropesiya. 13 Ngunit huwag ka
ng magpropesiya pa kailanman dito sa Bethel, sapagkat ito
ay santuwaryo ng hari at isang maharlikang tahanan.” 14
Pagkatapos sinabi ni Amos kay Amazias, “Hindi ako isang
propeta o anak ng isang propeta. Isa akong pastol, at ako
ang nangangalaga sa mga puno ng sikamoro. 15 Ngunit
kinuha ako ni Yahweh mula sa pagbabantay ng mga tupa
at sinabi sa akin, 'Humayo ka, magpropesiya ka sa aking
mga taong Israelita.' 16 Pakinggan mo ngayon ang salita ni
Yahweh. Sinasabi mo, 'Huwag akong magpropesiya laban
sa Israel, at huwag akong magsalita laban sa sambahayan
ni Isaac.' 17 Samakatwid ito ang sinasabi ni Yahweh: 'Ang
iyong asawa ay magiging babaing nagbebenta ng aliw sa
lungsod; mamamatay sa pamamagitan ng espada ang iyong
mga anak na lalaki at mga anak na babae; susukatin ang
iyong mga lupain at paghahati-hatian; mamamatay ka sa
maruming lupain, at tiyak na dadalhin sa pagkabihag ang
Israel mula sa kaniyang lupain.”

**8** Ito ang ipinakita sa akin ng Panginoong Yahweh. Tingnan,
isang basket ng mga bungang pantag-araw! 2 Sinabi
niya, “Ano ang nakikita mo, Amos?” Sinabi ko, “Isang basket
ng mga bungang pantag-araw.” At sinabi ni Yahweh sa akin,
parating na ang katapusan ng aking bansang Israel; hindi
ko na sila kaaawaan pa. 3 Ang mga awit sa templo ay
magiging pagtangis. Sa araw na iyon” —ito ang pahayag ng
Panginoong Yahweh—”Magiging marami ang mga bangkay,
sa bawat lugar itatapon nila ang mga ito sa katahimikan!”
4 Pakinggan ninyo ito, kayong mga umaapak sa mga
nangangailangan at nagpapaalis sa mga mahihirap sa
lupain. 5 Sinabi nila, “Kailan matatapos ang bagong buwan,
upang muli kaming makapagbenta ng butil? At ang Araw
ng Pamamahinga, kailan matatapos, upang makapagbenta
kaming muli ng trigo? Gagawin naming mababa ang sukat
at tataasan ang halaga, upang makapandaya kami ng
maling timbang. 6 Upang makapagbenta kami ng hindi
magandang trigo at bilhin ng pilak ang mga mahihirap,
isang pares ng sandalyas para sa nangangailangan.” 7
Sumumpa si Yahweh sa kapalaluan ni Jacob, “Tiyak na hindi
ko malilimutan kailanman ang anumang ginawa nila.” 8 Hindi

ba mayayanig ang lupain dahil sa mga ito at tatangis ang
bawat isang nakatira rito? Ang lahat ng ito ay babangon
tulad ng Ilog ng Nilo at tataas ang mga ito at muling lulubog
tulad sa ilog ng Egipto. 9 "Darating ang mga ito sa araw
na iyon"—ito ang pahayag ng Panginoong Yahweh— "na
palulubugin ko ang araw sa tanghaling tapat at padidilimin
ko ang buong daigdig sa liwanag ng araw. 10 Gagawin
kong pagdadalamhati ang inyong mga pista at ang lahat ng
inyong mga awit ay sa panaghoy. Pagsusuutin ko kayong
lahat ng telang magaspang at ang bawat ulo ay kakalbuhin.
Gagawin kong pagdadalamhati tulad sa nag-iisang anak, at
isang araw ng kapaitan sa bawat pagtatapos. 11 Tingnan,
parating na ang mga araw"—ito ang pahayag ng Panginoong
Yahweh— "Kapag magpapadala ako ng taggutom sa lupain,
hindi sa kagutuman sa tinapay, ni pagkauhaw sa tubig,
kundi sa pakikinig ng mga salita ni Yahweh. 12 Susuray-
suray sila sa magkabilaang dagat; tatakbo sila mula sa
hilaga patungo sa silangan upang hanapin ang salita ni
Yahweh, ngunit hindi nila ito masusumpungan. 13 Sa araw
na iyon ang mga magagandang dalaga at ang mga binata ay
manghihina mula sa pagkauhaw. 14 Sinumang sumusumpa
sa kasalanan ng Samaria at sabihing, 'Buhay ang diyos mo,
Dan' at, 'Buhay ang diyos ng Beerseba, —sila ay babagsak
at kailanman ay hindi na muling babangon."

9 Nakita ko ang Panginoon na nakatayo sa tabi ng altar,
at sinabi niya, "Hampasin mo ang mga ibabaw ng mga
haligi upang mayanig ang mga pundasyon. Durugin ng pira-
piraso ang mga ito sa kanilang mga ulo, at papatayin ko sa
espada ang mga nalabi sa kanila. Walang isa man sa kanila
ang makakalayo at makakatakas. 2 Kahit na maghukay
sila hanggang sa Sheol, naroon ang aking kamay upang
kunin sila. Kahit na umakyat sila patungo sa langit, mula
roon hihilain ko sila pababa. **(Sheol h7585)** 3 Kahit na magtago
sila sa tuktok ng Carmelo, doon ay hahanapin ko sila at
kukunin. Kahit na magtago sila mula sa aking paningin
sa kailaliman ng dagat, mula roon uutusan ko ang ahas
at tutuklawin sila. 4 Kahit pumunta sila sa pagkabihag,
pamunuan man sila ng kaaway, doon ay mag-uutos ako
ng espada, at ito ang papatay sa kanila. Pananatilihin ko
ang aking paningin sa kanila para saktan at hindi para sa
mabuti." 5 Ang Panginoon, Yahweh ng mga hukbo na hihipo
sa lupa at ito ay matutunaw; magdadalamhati ang lahat
ng mga naninirahan dito; ang lahat ng ito ay aahon tulad
ng Ilog, at muling lulubog tulad sa Ilog ng Egipto. 6 Ito
ang siyang magtatayo ng kaniyang mga silid sa langit at
ipinatayo niya ang mga malalaking pundasyon sa mundo.
Tatawagin niya ang mga tubig sa dagat, at ibubuhos ang
mga ito sa ibabaw ng lupa, Yahweh ang kaniyang pangalan.
7 "Hindi ba tulad kayo ng mga tao ng Etiopia sa akin, mga
tao ng Israel? —ito ang pahayag ni Yahweh. Hindi ba ako
ang nagpalabas sa Israel mula sa lupain ng Egipto, ang
mga Filisteo mula sa Caftor, at ang mga Aramean mula sa
Kir? 8 Tingnan, ang mga mata ng Panginoong Yahweh ay
nakatingin sa makasalanang kaharian, at wawasakin ko ito
mula sa ibabaw ng lupa, maliban sa sambahayan ni Jacob
hindi ko ito lubusang wawasakin — "Ito ang pahayag ni
Yahweh." 9 Tingnan, magbibigay ako ng utos, liligligin ko
ang sambahayan ng Israel sa lahat ng mga bansa, tulad ng
isang pagkakaliglig ng butil sa salaan, kaya kahit na ang
pinakamaliliit na bato ay hindi malalaglag sa lupa. 10 Ang
lahat ng mga makasalanan sa aking mga tao ay mamamatay
sa pamamagitan ng espada, 'sinumang magsabi, 'Hindi
tayo mauunahan ng sakuna ni masasalubong natin."' 11
Sa araw na iyon muli kong ibabangon ang tolda ni David
na bumagsak, at pagdudugtungin ko ang mga tukod nito.
Ibabangon ko ang mga nawasak, Itatayo ko ang mga ito
tulad ng dati. 12 Upang kanilang ariin ang mga natira sa
Edom at ang lahat ng bansang tumawag sa aking pangalan
—ito ang pahayag ni Yahweh, na siyang gumawa nito."
13 "Tingnan, darating ang mga araw"—Ito ang pahayag ni
Yahweh— "Kapag mauunahan ng mang-aararo ang mag-
aani, at ang taga-pisa ng ubas ay mauunahan ang mga taga-
pagtanim ng binhi. Papatak sa mga bundok ang matatamis
na alak, at aagos ito sa mga burol. 14 Ibabalik ko mula sa
pagkakabihag ang aking mga taong Israel. Itatayo nila ang
nasirang lungsod at maninirahan doon, magtatanim sila sa
ubasan at iinumin ang mga alak nito, gagawa sila ng hardin
at kanilang kakainin ang mga bunga nito 15 Itatanim ko ang
mga ito sa kanilang mga lupain, at kailan man ay hindi na
sila muling mabubunot mula sa lupain na ibinigay ko sa
kanila," sinabi ni Yahweh na inyong Diyos.

# Obadias

1 Ang Pangitain ni Obadias. Ito ang sinabi ng Panginoong
Yahweh tungkol sa Edom: Nakarinig kami ng ulat na
mula kay Yahweh, at isang kinatawan ang ipinadala sa mga
bansa, na nagsasabi, "Tumindig kayo! Tayo ay tumindig
laban sa kaniya para sa digmaan!" **2** Tingnan mo, gagawin
kitang maliit sa lahat ng mga bansa, ikaw ay labis na
hahamakin. **3** Nililinlang ka ng pagmamataas ng iyong puso,
ikaw na naninirahan sa mga siwang ng bato, sa iyong
matayog na tahanan, sinasabi mo sa iyong puso, "Sino
ang makapagpapabagsak sa akin sa lupa? **4** Kahit na ang
iyong tore ay mataas ka gaya ng paglipad ng agila, at kahit
na nakalagay na ang iyong pugad kasama ng mga bituin,
ibababa kita mula roon sabi ni Yahweh. **5** Kung pumunta sa
iyo ang mga magnanakaw, kung dumating sa gabi ang mga
magnanakaw (paano ka nahiwalay!), hindi ba nanakawin
lamang nila ang sapat para sa kanilang mga sarili? Kung
pumunta sa iyo ang mga mag-aani ng ubas, hindi ba iiwan
nila ang mga nalaglag? **6** Paano nawasak si Esau at nakita
ang kaniyang mga nakatagong kayamanan! **7** Ang lahat ng
kalalakihan na iyong kaanib ay ipadadala ka sa hangganan
ng daraanan. Nililinlang ka ng mga taong kasundo mo, at
nanaig sila laban sa iyo. Ang mga kumain ng iyong tinapay
ang naglagay ng bitag sa ilalim mo. Walang pang-unawa
sa kaniya. **8** Sabi ni Yahweh, hindi ba wawasakin ko sa
araw na iyon ang mga matatalinong lalaki ng Edom, at
aalisin ang kaalaman sa bundok ni Esau? **9** At panghinaan
ng loob ang iyong mga malalakas na kalalakihan, Teman,
upang maihiwalay ang bawat lalaki sa bundok ni Esau
sa pamamagitan ng malupit na pagpatay. **10** Dahil sa
karahasang ginawa sa iyong kapatid na si Jacob, ikaw ay
matatakpan ng kahihiyan at mahihiwalay magpakailanman.
**11** Nang araw na tumayo ka sa malayo, nang araw na
kinuha ng mga dayuhan ang kaniyang kayamanan at
pinasok ng mga dayuhan ang kaniyang mga tarangkahan, at
nagsapalaran sila sa Jerusalem, para ka na ring katulad nila.
**12** Ngunit huwag mong ikalugod ang araw ng iyong kapatid,
ang araw ng kaniyang kasawian, at huwag mong ikagalak
ang mga tao ng Juda sa araw ng kanilang pagkawasak;
huwag magyabang sa araw ng kanilang paghihirap. **13**
Huwag kang pumasok sa tarangkahan ng aking bayan sa
araw ng kanilang kapahamakan; huwag mong ikalugod ang
kanilang paghihirap sa araw ng kanilang sakuna, huwag
mong nakawin ang kanilang kayamanan sa araw ng kanilang
pagkawasak. **14** At huwag kang tumayo sa sangang daan,
upang pigilan ang kaniyang mga tumatakas; at huwag mong
ibigay ang mga nakaligtas sa araw ng kanilang pagkabalisa.
**15** Sapagkat ang araw ni Yahweh ay malapit na sa lahat ng
mga bansa. Anuman ang iyong ginawa, ay gagawin din sa
iyo; at lahat ng iyong mga ginawa ay babalik sa iyong sariling
ulo. **16** Sapagkat kung paano kayo uminom sa aking banal na
bundok, ganoon patuloy na iinom ang lahat ng bansa. Iinom
sila, at lulunok, at para bang hindi sila kailanman nabuhay.
**17** Ngunit sa Bundok n Sion mayroong mga nakatakas,
magiging banal ito; aariin muli ng sambahayan ni Jacob
ang sarili nilang mga ari-arian. **18** Magiging isang apoy ang
sambahayan ni Jacob, at isang liyab ang sambahayan ni
Jose, at ang magiging pinaggapasan ang sambahayan ni
Esau, at susunugin nila sila, at sila ay tutupukin. Walang
makaliligtas sa sambahayan ni Esau, sapagkat sinabi ito
ni Yahweh. **19** At aariin ng mula sa Negeb ang bundok ni
Esau, at aariin ang mga nasa Shepelah ang lupain ng mga
Filisteo; at aariin nila ang lupain ng Efraim, at ang lupain ng
Samaria; at aariin ng Benjamin ang Gilead. **20** Aariin ng mga
ipinatapon na mga Israelita ang lupain ng Canaan hanggang
sa Zarefat. Aariin ng mga ipinatapon na taga-Jerusalem
na nasa Sardis ay aariin ng Negeb. **21** Pupunta ang mga
magliligtas sa bundok ng Zion upang hatulan ang bundok ni
Esau, at ang kaharian ay magiging kay Yahweh.

# Jonas

**1** Ngayon ang salita ni Yahweh ay dumating kay Jonas
na anak ni Amitai, na nagsasabing, **2** “Bumangon ka at
pumunta sa Ninive, iyong malaking lungsod, at magsalita ka
laban dito, dahil ang kasamaan nila ay umabot sa akin.”
**3** Subalit bumangon si Jonas at tumakbo palayo mula sa
presensya ni Yahweh at nagtungo sa Tarsis. Bumaba siya
sa Joppa at nakakita ng isang barko patungong Tarsis.
Kaya nagbayad siya ng pamasahe at sumakay sa barko
upang sumama sa kanila patungong Tarsis, palayo mula
sa presensya ni Yahweh. **4** Subalit nagpadala si Yahweh
ng malakas na hangin sa dagat at ito ay naging malakas
na bagyo sa dagat. Hindi nagtagal ang barko ay parang
masisira na. **5** Kaya lubhang natakot ang mga mandaragat at
tumatawag ang bawat tao sa kaniya-kanyang sariling diyos.
Tinapon nila ang mga kargamento ng barko sa dagat upang
mapagaan ito. Ngunit bumaba si Jonas doon sa mga kaloob-
loobang bahagi ng barko, at nakahiga roon mahimbing na
natutulog. **6** Kaya pumunta ang kapitan sa kaniya at sinabi
sa kanya, “Anong ginagawa mong natutulog? Bumangon
ka! Tumawag ka sa iyong diyos! Marahil mapapansin tayo
ng iyong diyos at hindi tayo mamamatay.” **7** Sinabi nilang
lahat sa bawat isa, “Halikayo, magpalabunutan tayo, para
malaman natin kung sino ang dahilan ng kasamaang ito
na nangyayari sa atin.” Kaya nagpalabunutan sila at ang
bunot ay napunta kay Jonas. **8** Pagkatapos sinabi nila kay
Jonas, “Pakiusap sabihin sa amin kung sino ang dahilan
nitong kasamaang nangyayari sa atin. Ano ang iyong hanap-
buhay, at saan ka nanggaling? Ano ang iyong bansa at
mula sa aling lahi ka?” **9** Sinabi ni Jonas sa kanila, “Ako ay
isang Hebreo; at kinatatakutan ko si Yahweh, ang Diyos
ng langit, na siyang gumawa ng dagat at ng tuyong lupa.”
**10** Pagkatapos lalong natakot ang mga tao at sinabi kay
Jonas, “Ano itong ginawa mo?” Dahil nalaman ng mga tao
na siya ay tumatakbo palayo mula sa presensya ni Yahweh,
dahil sinabi niya sa kanila. **11** Pagkatapos sinabi nila kay
Jonas, “Ano ang dapat naming gawin sa iyo upang humupa
ang dagat para sa atin?” Sapagkat ang dagat ay lalong
naging marahas. **12** Sinabi ni Jonas sa kanila, “Buhatin
ninyo ako at itapon ninyo ako sa dagat. Pagkatapos huhupa
ang dagat para sa inyo, sapagkat alam kong dahil sa akin
kaya nangyayari sa inyo ang malakas na bagyong ito.” **13**
Gayunpaman, ang mga lalaki ay nagsumikap sumagwan ng
matindi upang makabalik sila sa lupa, ngunit hindi nila ito
magawa dahil ang dagat ay lalong nagiging marahas laban
sa kanila. **14** Kaya tumawag sila kay Yahweh at sinabing,
“Nagmamakaawa kami sa iyo, Yahweh, nagmakaawa kami,
huwag mo kaming hayaang mamatay dahil sa buhay ng
taong ito, at huwag mong ipataw sa amin ang pagkakasala
sa kanyang kamatayan, dahil ikaw, Yahweh ang gumawa
kung ano ang makalulugod sa iyo.” **15** Kaya binuhat nila si
Jonas at itinapon siya sa dagat, at tumigil ang matinding
galit ng dagat. **16** Pagkatapos lalong natakot ang mga tao
kay Yahweh. Naghandog sila ng mga alay kay Yahweh at
gumawa ng mga panata. **17** Ngayon inihanda ni Yahweh ang
isang malaking isda upang lunukin si Jonas, at si Jonas ay
nasa loob ng tiyan ng isda nang tatlong araw at tatlong gabi.

**2** Pagkatapos nanalangin si Jonas kay Yahweh na kaniyang
Diyos mula sa tiyan ng isda. **2** Sinabi niya, “Tumawag
ako kay Yahweh tungkol sa aking pagdadalamhati at sinagot
niya ako; mula sa tiyan ng lugar ng Sheol sumigaw ako
para sa tulong! Narinig mo ang aking tinig. **(Sheol h7585)**
**3** Itinapon mo ako sa kailaliman, sa puso ng karagatan,
at pinalibutan ako ng alon; lahat ng iyong mga alon at
gumugulong na alon ay dumaan sa ibabaw ko. **4** At aking
sinabi, 'Pinaalis ako mula sa harapan ng iyong mga mata;
gayunman ako ay muling tatanaw sa dako ng iyong banal
na templo?' **5** Nilukuban ako ng mga tubig hanggang sa
aking leeg; nakapalibot sa akin ang kalaliman; nakabalot sa
aking ulo ang damong-dagat. **6** Bumaba ako sa mga paanan
ng kabundukan; ang lupa kasama ang mga rehas nito ay
lumukob sa akin magpakailanman. Gayunman iniangat mo
ang aking buhay mula sa hukay, Yahweh, aking Diyos!
**7** Nang nanlupaypay ang aking kaluluwa, naalala ko si
Yahweh; pagkatapos dumating sa iyo ang aking dalangin,
sa iyong banal na templo. **8** Ang mga nagbigay pansin
sa mga walang kabuluhang diyos ay tinatanggihan ang
iyong katapatan para sa kanilang sarili. **9** Subalit para sa
akin, mag-aalay ako sa iyo ng isang tinig ng pasasalamat;
tutuparin ko kung alin ang aking ipinangako. Ang kaligtasan
ay nagmumula kay Yahweh!” **10** Pagkatapos nangusap si
Yahweh sa isda, at iniluwa nito si Jonas paitaas sa ibabaw
ng tuyong lupa.

**3** Ang salita ni Yahweh ay dumating kay Jonas sa
pangalawang pagkakataon, na nagsasabing, **2** “Tumindig
ka, pumunta ka sa Ninive, iyong malaking lungsod, at
ipahayag dito ang mensaheng iniutos ko sa iyo para ibigay.”
**3** Kaya tumayo si Jonas at pumunta sa Ninive bilang
pagsunod sa salita ni Yahweh. Ngayon ang Nineve ay isang
napakalaking lungsod, isang lungsod na may tatlong araw na
paglalakbay. **4** Nagsimulang pumasok si Jonas sa lungsod
at pagkatapos ng isang araw na paglalakbay sumigaw siya
at sinabing, “Sa loob ng apatnapung araw ang Ninive ay
ibabagsak.” **5** Ang mga tao sa Ninive ay naniwala sa Diyos
at nagpahayag sila ng isang pag-aayuno. Nagsuot silang
lahat ng magaspang na tela, mula sa pinakamatasas sa

kanila hanggang sa pinakamababa sa kanila. 6 Madaling
nakarating ang balita sa hari ng Ninive. Tumayo siya mula
sa kaniyang trono, hinubad ang kaniyang balabal, tinakpan
ang kaniyang sarili ng magaspang na tela, at umupo sa mga
abo. 7 Nagpadala siya ng isang pahayag na nagsasabing,
“Sa Ninive, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng hari
at kanyang mga tauhang maharlika, huwag hayaan na
ang tao man ni hayop, pangkat ng mga hayop ni kawan,
ay tumikim ng anuman. Huwag silang hayaang kumain
ni uminom ng tubig. 8 Ngunit hayaan ang kapwa tao at
hayop ay matakpan ng magaspang na tela at hayaan
silang sumigaw nang malakas sa Diyos. Hayaan ang bawat
isa na tumalikod mula sa kanyang masamang gawi at
mula sa karahasang nasa kanyang mga kamay. 9 Sinong
nakakaalam? Maaring mahabag ang Diyos at mabago ang
kanyang isip at tumalikod mula sa kanyang mabangis na
galit upang hindi tayo mamatay.” 10 Nakita ng Diyos kung
ano ang kanilang ginawa, na tumalikod sila mula sa kanilang
masasamang mga gawi. Kung kaya binago ng Diyos ang
kanyang isipan tungkol sa parusang sinabi niyang gagawin
niya sa kanila, at hindi niya ginawa ito.

**4** Ngunit naghinanakit si Jonas, at nagalit siya nang labis.
2 Kaya nanalangin si Jonas kay Yahweh at sinabi, “A,
Yahweh, hindi ba ito ang sinabi ko nang bumalik ako
sa aking sariling bansa? Kaya nga kumilos muna ako at
sinubukang tumakas papuntang Tarsis—dahil alam kong
ikaw ay mapagbigay na Diyos, mahabagin, mabagal magalit,
sagana sa katapatan, at naaawa kang magpadala ng
kapahamakan. 3 Kaya ngayon, Yahweh, nagmamakaawa
ako, kunin mo ang aking buhay, dahil higit na mabuti para
akin ang mamatay kaysa sa mabuhay.” 4 Sinabi ni Yahweh,
“Mabuti bang ikaw ay lubos na magalit?” 5 Pagkatapos
lumabas si Jonas mula sa lungsod at umupo sa dakong
silangang bahagi ng lungsod. Doon gumawa siya ng silungan
at umupo sa ilalim nito sa lilim upang makita niya kung
ano ang maaaring mangyari sa lungsod. 6 Naghanda ang
Diyos na si Yahweh ng isang halaman at pinatubo niya ito
sa ibabaw ng ulo ni Jonas para maging lilim sa ibabaw
ng ulo niya para mapagaan ang kanyang pagkabalisa.
Labis na natuwa si Jonas nang dahil sa halaman. 7 Ngunit
kinabukasan sa pagsikat ng araw naghanda ang Diyos
ng isang uod. Sinalakay nito ang halaman at nalanta ang
halaman. 8 Nangyari na nang sumikat ang araw ng sumunod
na umaga, ang Diyos ay naghanda ng isang mainit na hangin
mula sa silangan. At saka, tinamaan ng sinag ng araw ang
ulo ni Jonas at naging maputla siya. Pagkatapos hinangad
ni Jonas na mamatay siya. Sinabi ni Jonas sa kanyang
sarili, “Mas mabuti pang mamatay ako kaysa sa mabuhay. 9
Pagkatapos sinabi ng Diyos kay Jonas, “Tama bang labis
kang magalit dahil sa halaman? At sinabi ni Jonas, “Tama
lang na magalit ako, kahit hanggang sa kamatayan.” 10
Sinabi ni Yahweh, “Nagkaroon ka ng habag sa halaman,
na hindi mo naman pinaghirapan, ni pinatubo ito. Tumubo
ito sa isang gabi at namatay sa isang gabi. 11 Kaya para
sa akin, hindi ba dapat akong mahabag sa Ninive, ang
malaking lungsod na iyon, kung saan may mas marami pa
sa isandaan at dalawampung libong tao na hindi alam ang
kaibahan sa pagitan ng kanilang kanang kamay at kaliwang
kamay, at saka maraming rin baka?”

# Mikas

1 Ito ang salita ni Yahweh na dumating kay Mikas na
Morastita sa mga araw nina Jotam, Ahaz at Hezekias na
mga hari ng Juda, ang salita na kaniyang nakita tungkol
sa Samaria at Jerusalem. 2 Makinig, lahat kayong mga
tao. Makinig ka lupa at ang lahat ng nasa iyo. Hayaan na
ang Panginoong si Yahweh ang maging saksi laban sa
iyo, ang Panginoon na mula sa kaniyang banal na templo.
3 Tingnan ninyo, lalabas si Yahweh sa kaniyang lugar;
bababa siya at tatapakan ang mga dambana ng pagano
sa lupa. 4 Matutunaw ang mga bundok sa ilalalim niya;
mahahati ang mga lambak gaya ng pagkit sa harap ng
apoy, gaya ng mga tubig na bumuhos sa isang matarik
na lugar. 5 Ang lahat ng ito ay dahil sa paghihimagsik ni
Jacob at dahil sa mga kasalanan ng sambahayan ng Israel.
Ano ang dahilan ng paghihimagsik ni Jacob? Hindi ba ang
Samaria? Ano ang dahilan ng mga dambana ni Juda? Hindi
ba ang Jerusalem? 6 “Gagawin ko ang Samaria na isang
bunton ng pagkawasak sa parang, gaya ng isang lugar para
sa taniman ng mga ubas. Hihilahin ko ang mga bato ng
kaniyang gusali sa lambak; Bubuksan ko ang kaniyang mga
pundasyon. 7 Ang lahat ng kaniyang mga larawang inukit
ay magkakadurog-durog at lahat ng kaloob sa kaniya ay
masusunog. Ang lahat ng kaniyang mga diyus-diyosan ay
aking wawasakin. Sapagkat sa mga kaloob sa kaniyang
prostitusyon ay tinipon niya ang mga ito at babalik ang mga
ito bilang kabayaran sa babaeng nagbebenta ng aliw.” 8
Sa kadahilanang ito, mananaghoy ako at tatangis; Pupunta
akong nakapaa at nakahubad; Tatangis ako na gaya ng
asong gubat at magdadalamhati na gaya ng mga kuwago. 9
Sapagkat walang lunas ang kaniyang mga sugat, sapagkat
dumating sila sa Juda. Narating nila ang tarangkahan ng
aking mga tao sa Jerusalem. 10 Huwag mong sabihin sa
Gat ang tungkol dito; huwag na huwag kang iiyak. Sa Bet
Leafra, pagugulungin ko ang aking sarili sa alikabok. 11
Dumaan kayo sa kahubaran at kahihiyan, mga taga-Safir.
Huwag kayong lumabas mga taga-Zaanan. Nagdadalamhati
ang Bethezel, sapagkat kinuha sa kanila ang proteksiyon.
12 Sapagkat balisang naghihintay sa magandang balita
ang mga taga-Marot, dahil dumating ang sakuna mula kay
Yahweh hanggang sa mga tarangkahan ng Jerusalem. 13
Isingkaw ang karwahe sa pangkat ng mga kabayo, mga
taga-Laquis. Ikaw Laquis, ang pinagsimulan ng kasalanan
para sa anak na babae ng Zion, sapagkat nasumpungan sa
iyo ang mga pagsuway ng Israel. 14 Kaya magbibigay ka
ng isang kaloob ng pamamaalam sa Moreset-Gat, bibiguin
ng bayan ng Aczib ang mga hari ng Israel. 15 Mga taga-
Maresa, dadalhin ko sa iyo ang kukuha ng mga pag-aari mo.
Pupunta sa kuweba ng Adullam ang mga pinuno ng Israel.
16 Ahitan mo ang iyong ulo at gupitan ang iyong buhok para
sa kinalulugdan mong mga anak. Kalbuhin mo ang iyong
sarili gaya ng mga agila, sapagkat patuloy na dadalhin ng
sapilitan ang iyong mga anak mula sa iyo.

2 Aba sa mga nagbabalak ng kasamaan, sa mga
nagbabalak sa kanilang higaan na gumawa ng masama.
Isinasagawa nila ito sa pagliwanag ng umaga dahil mayroon
silang kapangyarihan. 2 Naghahangad sila ng mga bukid at
inaangkin ang mga ito; naghahangad sila ng mga bahay
at kinukuha ang mga ito. Inaapi nila ang isang tao at ang
kaniyang sambahayan, ang tao at ang kaniyang mana. 3
Kaya ito ang sinasabi ni Yahweh: “Tingnan ninyo, magdadala
ako ng sakuna laban sa angkan na ito, kung saan hindi ninyo
maiaalis ang inyong mga leeg. Hindi kayo makakalakad nang
may kayabangan, sapagkat magiging isang panahon ito ng
kasamaan. 4 Sa araw na iyon, ang inyong mga kaaway
ay aawit ng isang awitin tungkol sa inyo at mananaghoy
na may kasamang pagtangis. Aawit sila ng, 'Kaming mga
Israelita ay ganap na nawasak, binabago ni Yahweh ang
teritoryo ng aking mga (kababayan) tao. Paano niya ito
aalisin mula sa akin? Ibinabahagi niya sa mga taksil ang
aming mga bukid!'” 5 Kaya, kayong mga mayayamang tao
ay hindi magkakaroon ng mga kaapu-apuhan na maghahati-
hati ng lupain sa teritoryo sa kapulungan ni Yahweh. 6
“Huwag kayong magpahayag ng propesiya,” sinasabi nila.
“Hindi nila dapat ipahayag ang mga bagay na ito, hindi
dapat dumating ang kahihiyan.” 7 Dapat ba talaga itong
sabihin, sambahayan ni Jacob, “Galit ba ang Espiritu ni
Yahweh? Talaga bang gawa niya ang mga ito?” Hindi ba
gumagawa ng kabutihan ang aking mga salita sa sinumang
lumalakad nang matuwid? 8 Kamakailan lang, naghimagsik
ang aking mga tao tulad ng isang kaaway. Inyong hinahablot
ang balabal, ang kasuotan, mula sa mga dumadaan nang
biglaan, gaya ng pagbalik ng mga kawal mula sa digmaan
na kung saan iniisip nilang ligtas na. 9 Itinataboy ninyo ang
mga babaeng nabibilang sa aking mga tao mula sa kanilang
masasayang mga tahanan; kinukuha ninyo mula sa kanilang
mga batang anak ang aking pagpapala magpakailanman.
10 Tumayo kayo at umalis, sapagkat hindi ito ang lugar
kung saan maaari kayong manatili, dahil sa karumihan
nito, nawasak ito nang lubusang pagkawasak. 11 Kung
may sinumang pupunta sa inyo sa espiritu ng kabulaanan
at kasinungalingan at sasabihin, “magpapahayag ako sa
inyo ng propesiya tungkol sa alak at matapang na inumin,”
ituturing siyang isang propeta para sa mga taong ito. 12 Tiyak
na titipunin ko kayong lahat, Jacob. Tiyak na titipunin ko ang
mga natitirang Israelita. Dadalhin ko silang magkakasama
tulad ng tupa sa isang kulungan, tulad ng isang kawan sa

gitna ng kanilang pastulan. Magkakaroon ng malakas na
ingay dahil sa napakaraming tao. 13 Mauuna sa kanila ang
isang taong magbubukas ng kanilang daraanan. Bubuksan
nila ang tarangkahan at lalabas, mauuna sa kanilang lalabas
ang kanilang hari. Mauuna si Yahweh sa kanila.

**3** Sinabi ko, “Ngayon makinig kayong mga pinuno ni Jacob
at mga tagapamahala sa sambahayan ng Israel. Hindi
ba matuwid para sa inyo na unawain ang katarungan? 2
Kayong napopoot sa kabutihan at umiibig sa kasamaan,
kayo na pumilas ng kanilang balat, ng kanilang laman mula
sa kanilang mga buto— 3 kayo rin na kumakain ng laman ng
aking mga tao at pumipilas ng kanilang balat, bumabali ng
kanilang mga buto at tumatadtad sa mga ito, tulad ng karne
sa palayok, tulad ng karne sa kaldero. 4 At kayong mga
tagapamahala ay dadaing kay Yahweh, ngunit hindi niya kayo
sasagutin. Ikukubli niya ang kaniyang mukha mula sa inyo
sa panahong iyon, dahil gumawa kayo ng mga masamang
gawa.” 5 Ito ang sinasabi ni Yahweh tungkol sa mga propeta
na nagliligaw sa aking mga tao: “Sapagkat sinasabi nila sa
mga nagpapakain sa kanila, 'Magkakaroon ng kasaganaan.'
Ngunit para sa mga walang maisubo sa kanilang mga bibig,
nagsisimula sila ng isang digmaan laban sa kaniya. 6 Kaya,
ito ay magiging gabi sa inyo na hindi na kayo magkakaroon
ng pangitain; ito ay magiging madilim upang hindi kayo
makapanghuhula. Lulubog ang araw sa mga propeta at
magdidilim ang umaga sa kanila. 7 Mapapahiya ang mga
propeta at malilito ang mga manghuhula. Tatakpan nilang
lahat ang kanilang mga labi, sapagkat walang sagot na
magmumula sa akin.” 8 Ngunit para sa akin, puno ako ng
kapangyarihan sa pamamagitan ng Espiritu ni Yahweh at
puno rin ako ng katarungan at lakas, upang ipahayag kay
Jacob ang kaniyang pagsuway, at kay Israel ang kaniyang
kasalanan. 9 Ngayon pakinggan ninyo ito, kayong mga
pinuno ng sambahayan ni Jacob at mga tagapamahala sa
sambahayan ng Israel, kayong napopoot sa katarungan at
bumabaluktot sa lahat ng matuwid. 10 Itinayo ninyo ang Sion
sa pamamagitan ng dugo at ang Jerusalem sa pamamagitan
ng kasamaan. 11 Humahatol ang inyong mga pinuno para
sa isang suhol, nagtuturo ang inyong mga pari para sa isang
gantimpala at nanghuhula ang inyong mga propeta para sa
pera. Gayunman, umaasa kayo kay Yahweh at sinasabi,
“Hindi ba't kasama natin si Yahweh? Walang darating sa
atin na kapahamakan.” 12 Kaya, dahil sa inyo, aararuhin
ang Sion tulad ng isang bukid, ang Jerusalem ay magiging
isang bunton ng mga guho at magiging masukal na burol
ang burol ng templo.

**4** Ngunit sa mga huling araw, mangyayari na ang bundok
na kinatatayuan ng tahanan ni Yahweh ay itatatag sa
ibabaw ng iba pang mga bundok. Ito ay dadakilain nang
higit sa mga burol, at magpupuntahan ang mga tao rito.
2 Maraming bansa ang pupunta at sasabihin, “Halikayo,
umakyat tayo sa bundok ni Yahweh, sa tahanan ng Diyos ni
Jacob. Ituturo niya sa atin ang kaniyang mga kaparaanan at
lalakad tayo sa kaniyang mga landas.” Sapagkat mula sa
Zion lalabas ang kautusan, at ang salita ni Yahweh mula sa
Jerusalem. 3 Hahatulan niya ang karamihan sa mga tao
at magpapasiya tungkol sa maraming bansa na malalayo.
Papandayin nila ang kanilang mga espada upang maging
mga talim ng araro at ang kanilang mga sibat upang maging
mga kutsilyong pamutol. Ang bansa ay hindi na magtataas
ng espada laban sa bansa, ni kailanman matututunan kung
paano magsimula ng digmaan. 4 Sa halip, uupo ang bawat
tao sa ilalim ng kaniyang tanim na ubas at sa ilalim ng
kaniyang puno ng igos. Walang sinuman ang mananakot sa
kanila, sapagkat nagsalita si Yahweh, ang pinuno ng mga
hukbo. 5 Sapagkat lumalakad ang lahat ng tao, ang bawat
isa, sa pangalan ng kanilang diyos. Ngunit lalakad tayo sa
pangalan ni Yahweh na ating Diyos magpakailan pa man. 6
“Sa araw na iyon”, sinabi ni Yahweh, “Pag-iisahin ko ang mga
pilay at titipunin ko ang mga itinakwil, sila aking sinaktan. 7
Gagawin kong natitira ang mga pilay at ang mga itinaboy sa
isang matatag na bansa, at Ako si Yahweh, ang maghahari
sa kanila sa Bundok ng Zion ngayon at magpakailan man. 8
At ikaw, ang bantayan para sa kawan, ang burol ng anak na
babae ng Zion, darating ito sa iyo— darating ang dating
pamumuno, ang kaharian ng anak na babae ng Jerusalem.
9 Ngayon, bakit ka umiiyak nang malakas? Wala na ba sa
iyo ang hari, namatay na ba ang iyong tagapayo, sumapit sa
iyo ang matinding kirot katulad ng babaeng manganganak?
10 Magdusa ka at maghirap sa panganganak, anak na babae
ng Zion, katulad ng isang babaeng nanganganak. Sapagkat
ngayon aalis ka sa iyong lungsod, titira sa parang at pupunta
sa Babilonia. Doon ay maliligtas ka. Ililigtas ka ni Yahweh
doon mula sa kamay ng iyong mga kaaway. 11 Ngayon,
maraming mga bansa ang nagtipon laban sa iyo; sabi nila,
'Hayaan siyang madungisan; ititig natin ang ating mga mata
sa Zion.'" 12 Sinabi ng propeta, Hindi nila alam ang mga
kaisipan ni Yahweh, ni nauunawaan man ang kaniyang mga
plano, sapagkat tinipon niya sila na gaya ng mga bigkis para
sa giikan. 13 Sinabi ni Yahweh, “Tumindig ka at gumiik,
anak na babae ng Zion, sapagkat gagawin kong bakal
ang iyong sungay at gagawin kong tanso ang iyong mga
kuko. Dudurugin mo ang maraming tao. Itatalaga ko ang
kanilang mga kayamanan na kinuha sa hindi makatarungang
pamamaraan at ang kanilang mga ari-arian sa akin, ako si
Yahweh, ang Panginoon ng buong mundo.”

**5** Ngayon ay humanay kayong lahat para sa labanan, mga
taga-Jerusalem. Napapalibutan ng pader ang inyong
lungsod, ngunit hahampasin nila ang pinuno ng Israel sa
pisngi gamit ang isang pamalo. **2** Ngunit ikaw Bethlehem
Efrata, kahit ikaw ay maliit sa mga angkan ni Juda, mula sa
iyo ay may darating sa akin upang pamunuan ang Israel, na
ang pinagmulan ay sa mga unang panahon, mula sa walang
hanggan. **3** Kaya nga hahayaan na lang sila ng Diyos
hanggang sa panahon na isang babae ang mahihirapan
sa panganganak ng isang sanggol at ang iba niyang mga
kapatid na lalaki ay babalik sa mga tao ng Israel. **4** Tatayo
siya at ipapastol ang kaniyang kawan sa lakas ni Yahweh,
sa kaluwalhatian ng pangalan ni Yahweh na kaniyang Diyos.
Mananatili sila sapagkat magiging dakila siya sa bawat
sulok ng mundo. **5** Siya ang magiging kapayapaan natin.
Kung darating ang mga taga-Asiria sa ating lupain, kapag
nagmartsa sila laban sa ating mga tanggulan, tatayo tayo
laban sa kanila, pitong pastol at walong pinuno ng mga
kalalakihan. **6** Pamumunuan ng mga kalalakihang ito ang
lupain ng Asiria sa pamamagitan ng espada at ang lupain
ng Nimrod dala ang mga espada sa kanilang mga kamay.
Ililigtas niya tayo mula sa mga taga-Asiria kung darating sila
sa ating lupain, kapag nagmamartsa sila sa loob ng ating
mga hangganan. **7** Ang mga natitira mula kay Jacob ay
mapapabilang sa maraming tao, tulad ng hamog mula kay
Yahweh, tulad ng ambon sa mga damo na hindi naghihintay
sa tao, hindi sa mga tao. **8** Ang mga natitira kay Jacob ay
mapapabilang sa mga bansa, kasama ng maraming tao.
Tulad ng isang leon na kasama ng mga hayop sa kagubatan,
tulad ng isang batang leon na kasama sa mga kawan
ng tupa. Kapag daraan siya sa kanila, sila ay kaniyang
tatapakan at pagpipira-pirasuhin sila at walang sinuman ang
makapagligtas sa kanila. **9** Maitataas ang inyong kamay
laban sa inyong mga kaaway at wawasakin sila nito. **10**
"Mangyayari ito sa araw na iyon," sinabi ni Yahweh "na
aking wawasakin ang inyong mga kabayo kasama ninyo
at gigibain ko ang inyong mga karwahe. **11** Wawasakin ko
ang mga lungsod sa inyong lupain at pababagsakin ko ang
inyong mga tanggulan. **12** Sisirain ko ang pangkukulam sa
inyong kamay at hindi na kayo kailanman magkakaroon ng
anumang manghuhula. **13** Sisirain ko ang mga imahen na
inukit ng inyong mga kamay at ang mga batong haligi na
kasama ninyo. Hindi na kayo kailanman sasamba sa mga
ginawa ng inyong mga kamay. **14** Bubunutin ko ang haligi ni
Ashera na kasama ninyo at wawasakin ko ang inyong mga
lungsod. **15** Paiiralin ko ang paghihiganti sa galit at poot sa
mga bansa na hindi nakikinig.

**6** Ngayon makinig kayo kung ano ang sinasabi ni Yahweh.
Sinabi ni Mikas sa kaniya, "Tumayo ka at sabihin
ang iyong paratang sa harap ng mga bundok, hayaang
mapakinggan ng mga burol ang iyong tinig. **2** Makinig
sa paratang ni Yahweh, kayong mga bundok at kayong
matatag na pundasyon ng mundo. Sapagkat may paratang
si Yahweh sa kaniyang mga tao at ipaglalaban niya sa
hukuman laban sa Israel. **3** Aking mga tao, ano ang nagawa
ko sa inyo? Paano ko kayo pinagod? Magpatotoo kayo
laban sa akin! **4** Sapagkat inilabas ko kayo mula sa lupain
ng Egipto at iniligtas ko kayo mula sa tahanan ng pagka-
alipin. Pinadala ko si Moises, Aaron at Miriam sa inyo. **5**
Aking mga tao, alalahanin ninyo ang mga inisip ni Balak
na Hari ng mga Moab at ang sagot sa kaniya ni Balaam
anak ni Boar sa iyong pagpunta sa Sitim hanggang Gigal
upang malaman ninyo ang matuwid kong mga ginawa, si
Yahweh." **6** Ano ang aking dadalhin kay Yahweh bilang
pagpapakumbaba sa kataas-taasang Diyos? Pupunta ba
ako sa kaniya na may dalang isang taong gulang na mga
guyang susunugin upang ialay? **7** Malulugod ba si Yahweh
sa isang libong lalaking tupa o kaya sampung libong mga
ilog ng langis? Dapat ko bang ibigay ang aking unang anak
para sa aking pagsuway, ang bunga ng aking katawan para
sa aking sariling kasalanan? **8** Sinabi niya sa inyo, tao, kung
ano ang mabuti at kung ano ang nais ni Yahweh mula sa
iyo: Kumilos ng makatarungan, umibig na may kabaitan
at lumakad na may pagpapakumbaba kasama ang inyong
Diyos. **9** Gumagawa ng pagpapahayag ang tinig ni Yahweh
sa mga lungsod, kahit ngayon kinikilala ng karunungan
ang inyong pangalan: "Bigyang pansin ang pamalo at kung
sino ang naglagay sa lugar nito. **10** Mayroong kayamanan
sa mga tahanan ng mga masasamang hindi tapat at may
mandarayang mga panukat na kasuklam-suklam. **11** Ituturing
ko ba na walang sala ang isang tao kung gumagamit siya
ng mapandayang panukat, kasama ang isang lalagyan na
may dayang timbang? **12** Puno ng karahasan ang mga
mayayaman, ang naninirahan sa kaniya ay nagsasalita ng
kasinungalingan at mapanlinlang ang kanilang mga dila sa
kanilang mga bibig. **13** Samakatuwid hinampas ko kayo ng
isang malubhang sugat, winasak ko kayo dahil sa inyong
mga kasalanan. **14** Kakain kayo ngunit hindi mabubusog,
ang inyong kawalan ay mananatili sa iyo. Mag-iimbak ka
ng mga pagkain ngunit hindi makapagtatabi at kung ano
ang iyong itinabi ay ibibigay ko sa espada. **15** Ikaw ay
magtatanim ngunit hindi ka mag-aani, ikaw ay magpipiga ng
olibo ngunit hindi mo mapapahiran ng langis ang iyong sarili.
Ikaw ay magpipisa ng ubas ngunit hindi ka makakainom ng
alak. **16** Ang mga kautusan na ginawa ni Omri ay sinunod,
at lahat ng mga gawa ng sambahayan ni Ahab. Lumakad
kayo sa pamamagitan ng kanilang payo. Kaya gagawin ko
kayo na isang sirang lungsod at isang mangungutya ang

mga naninirahan sa inyo at magdadala kayo ng kahihiyan
bilang aking mga tao."

**7** Sa aba ko! Para sa akin ito ay katulad ng pagtatapos ng
pag-aani ng mga bunga sa tag-araw, at kahit na maging
ang pamumulot ng mga natitirang ubas sa ubasan. Wala
ng mga kumpol ng bunga na makikita, ngunit nananabik
pa rin ako sa unang hinog na mga bunga ng igos. **2**
Namatay na ang mabuting tao sa lupa, ni isa ay wala
ng natira na matuwidi sa mga tao. Sila ay nakahigang
naghihintay upang magbubog ng dugo ng iba; ang bawat
isa at ang kaniyang kapatid ay naghahanap ng mahuhuli
sa pamamagitan ng isang lambat. **3** Ang kanilang mga
kamay ay napakahusay sa paggawa ng pinsala. Ang mga
pinuno ay humihingi ng pera, ang hukom ay handa sa
mga suhol, at sinasabi ng makapangyarihang tao sa iba
kung ano ang gusto niyang makuha. Kaya nagbalak sila
ng masama. **4** Ang pinakamahusay sa kanila ay tulad
ng dawag, ang pinakamatuwid ay isang bakod na mga
tinikan. Ang araw na inihula sa pamamagitan ng inyong
mga bantay, ang araw ng inyong kaparusahan. Ngayon,
ang kanilang pagkalito ay dumating. **5** Huwag magtiwala sa
kahit na sinong kalapit bahay. Huwag magtiwala sa kahit
na sinong kaibigan. Mag-ingat tungkol sa inyong sinasabi
maging sa babaeng nakahiga sa inyong mga kamay. **6**
Sapagkat hindi igagalang ng isang anak ang kaniyang ama,
ang anak na babae ay titindig laban sa kaniyang ina, at
ang manugang na babae ay laban sa kaniyang biyenang
babae. Ang mga kaaway ng tao ay ang mga tao sa kaniyang
sariling sambahayan. **7** Ngunit para sa akin, ako ay titingin
kay Yahweh. Maghihintay ako sa aking Diyos ng aking
kaligtasan, pakikinggan ako ng aking Diyos. **8** Huwag kang
magalak para sa akin, aking kaaway. Pagkatapos kung
bumagsak, titindig ako. Kapag ako ay uupo sa kadiliman,
si Yahweh ang magsisilbing liwanag para sa akin. **9** Dahil
nagkasala ako laban kay Yahweh, titiisin ko ang kaniyang
galit hanggang sa patawarin niya ang ang aking pagkasala,
at isagawa ang paghatol para sa akin. Dadalhin niya ako sa
liwanag, at makikita ko siyang ililigtas niya ako sa kaniyang
katarungan. **10** At makikita ito ng aking mga kaaway, at
kahihiyan ang babalot sa nagsabi sa akin na, "Nasaan si
Yahweh na iyong Diyos?" Titingnan siya ng aking mga mata,
yayapakan siya tulad ng isang putik sa mga lansangan. **11**
Darating ang araw na itatayo ninyo ang inyong mga pader.
**12** Sa araw na iyon, ang mga hangganan ay lalong lalawak
ang nasasakupan. Sa araw na iyon, darating ang mga sa
inyo, mula sa Asiria at sa mga lungsod ng Egipto, mula
sa Egipto hanggang sa napakalaking Ilog Eufrates, mula
sa malalayong dagat, at mula sa kabundukan. **13** At ang
mga lupaing iyon ay mapapabayaan dahil sa mga taong
naninirahan ngayon dito, dahil sa bunga ng kanilang mga
kilos. **14** Patnubayan mo ang iyong mga tao gamit ang
iyong tungkod, ang kawan ng iyong mana. Kahit na sila ay
namumuhay mag-isa sa kagubatan ng Bundok ng Carmelo,
pakainin mo sila sa Basan at Galaad na gaya noong mga
unang araw. **15** Gaya noong araw nang inilabas mo sila
sa lupain ng Egipto. Sinabi ni Yahweh, "Magpapakita ako
sa kanila ng mga kamangha-manghang mga bagay." **16**
Makikita ng mga bansa at mapapahiya sa lahat ng kanilang
kapangyarihan. Ilalagay nila ang kanilang mga kamay sa
kanilang mga bibig, ang kanilang mga tainga ay mabibingi.
**17** Didilaan nila ang alikabok ng gaya ng isang ahas, gaya ng
nilalang na gumagapang sa lupa. Lalabas sila sa kanilang
mga lungga na may takot, lalapit sila sa iyo na may takot,
Yahweh na aming Diyos, at sila ay matatakot dahil sa
iyo. **18** Sino ang Diyos na gaya mo, ikaw na nag-aalis ng
kasalanan, ikaw na pinapalagpas ang mga pagkakasala ng
mga natira ng iyong mana? Hindi mo pinapanatili ang iyong
galit magpakailanman, dahil gustong-gusto mong ipakita sa
amin ang iyong kasunduan ng katapatan. **19** Magkakaroon
ka muli ng kahabagan sa amin. Tatapakan mo ang aming
kasalanan at itatapon mo ang lahat ng aming kasalanan sa
kailaliman ng dagat. **20** Ibibigay mo ang katotohanan kay
Jacob at ang kasunduan ng katapatan kay Abraham, gaya
ng iyong ipinangako sa aming mga ninuno noong unang
mga araw.

# Nahum

1 Ang pahayag tungkol sa Ninive. Ang Aklat ng Pangitain ni
Nahum, ang Elkoshita. 2 Si Yahweh ay mapanibughuing
Diyos at mapaghiganti; si Yahweh ay mapaghiganti at
puno ng poot; naghihiganti si Yahweh sa kaniyang mga
kalaban, at ipinagpapatuloy ang galit niya sa kaniyang mga
kaaway. 3 Banayad si Yahweh sa pagkagalit, at dakila sa
kapangyarihan; hindi niya ipahahayag na walang sala ang
kaniyang mga kaaway. Si Yahweh ay gumagawa ng kaniyang
daan sa ipu-ipo at sa bagyo, at ang mga ulap ay mga alabok
ng kaniyang mga paa. 4 Sinasaway niya ang dagat at
ginagawa itong tuyo; tinutuyo niya ang lahat ng ilog. Mahina
ang Bashan, at gayon din ang Carmel; nanlulupaypay rin
ang mga bulaklak sa Lebanon. 5 Nayayanig ang mga
bundok sa kaniyang presensiya at natutunaw ang mga
burol; nagsisiguho ang lupa sa kaniyang presensiya, sa
katunayan, ang sanlibutan at ang lahat ng taong nabubuhay
dito. 6 Sino ang makakaharap sa kaniyang poot? Sino ang
makakapigil sa bagsik ng kaniyang galit? Ibinubuhos na tulad
ng apoy ang kaniyang poot, at nahahati ang mga bato sa
pamamagitan niya. 7 Si Yahweh ay mabuti, isang tanggulan
sa panahon ng kaguluhan at tapat siya sa mga naglalagak
ng kanilang tiwala sa kaniya. 8 Ngunit gagawa siya ng
isang lubos na pagwawakas sa kaniyang mga kaaway sa
pamamagitan ng isang malaking baha, at hahabulin niya sila
hanggang sa kadiliman. 9 Ano ang masamang binabalak
ninyong mga tao laban kay Yahweh? Wawakasan niya
ito nang lubusan at hindi na magkakaroon ng kaguluhan
sa ikalawang pagkakataon. 10 Sapagkat magiging sala-
salabat silang tulad ng matinik na mga halaman; malulunod
sila sa kanilang sariling inumin; lubos silang lalamunin sa
pamamagitan ng apoy tulad ng tuyong pinaggapasan. 11
May isang titindig mula sa iyo, Ninive, ang siyang nagbalak
ng masama laban kay Yahweh, isang taong nagtaguyod
ng kasamaan. 12 Ito ang sinasabi ni Yahweh: “Kahit na
napakalakas at napakarami ang bilang nila, gayon pa
man, sila ay gugupitin; mawawala ang kanilang mga tao.
Ngunit ikaw, Juda: Kahit na pinahirapan kita, hindi na kita
pahihirapang muli. 13 Ngayon aking babaliin ang pamatok
ng mga taong iyon paalis sa iyo; sisirain ko ang iyong mga
tanikala.” 14 At nagbigay si Yahweh ng isang utos tungkol sa
iyo, Ninive: “Wala nang kaapu-apuhan ang magdadala ng
iyong pangalan. Aking ihihiwalay ang inukit na mga larawan
at ang minoldeng mga larawang gawa sa metal mula sa mga
tahanan ng iyong mga diyos. Huhukayin ko ang iyong mga
libingan, sapagkat napakasama mo.” 15 Tingnan mo, nasa
mga kabundukan ang mga paa ng isang taong nagdadala ng
magandang balita, na siyang naghahayag ng kapayapaan!
Ipagdiwang mo ang iyong mga kapistahan, Juda, at tuparin
ang iyong mga pangako, sapagkat hindi ka na sasalakayin
pa ng masasama, siya ay lubos na naihiwalay.

2 Ang siyang dudurog sa iyo ng pira-piraso ay parating
na laban sa iyo. Maglagay ng bantay sa mga pader ng
siyudad, bantayan ang mga kalye, palakasin ang iyong
mga sarili, tipunin ang iyong mga hukbo. 2 Sapagkat
pinanunumbalik ni Yahweh ang pagkamaharlika ni Jacob,
tulad ng kamaharlikaan ng Israel, kahit na sinira ang mga ito
ng mga mandarambong at winasak ang mga sanga ng puno
ng kanilang ubas. 3 Pula ang mga kalasag ng kaniyang mga
magigiting na lalaki at nakadamit ng matingkad na pula ang
mga matatapang na lalaki; kumikislap ang metal ng kanilang
mga karwahe sa araw na iyon na sila ay nakahanda, at
ang mga sibat na saypres ay iwinagayway sa hangin. 4
Rumaragasa ang mga karwahe sa mga lansangan; mabilis
silang pumaroo't pumarito sa mga maluluwang na mga
lansangan. Para silang mga sulo, at tumatakbo sila na
parang mga kidlat. 5 Tinatawag ng siyang dudurog sa iyo
ng pira-piraso ang kaniyang mga pinuno; natitisod sila sa
isa't isa sa kanilang paglakad; nagmamadali sila upang
lusubin ang pader ng lungsod. Inihanda na ang malaking
kalasag upang pangalagaan itong mga manlulusob. 6 Pilit na
binuksan ang mga tarangkahan sa mga ilog, at ang palasyo
ay babagsak sa pagkawasak. 7 Hinubaran ng damit ang
reyna at dinala siya palayo, nanaghoy ang kaniyang mga
lingkod na babae na parang mga kalapati, dinadagukan ang
kanilang mga dibdib. 8 Ang Ninive ay parang isang lawa ng
tubig na tumatagas, kasama nitong tumatakas ang kaniyang
mga tao na parang rumaragasang tubig. Sumisigaw ang
iba, “Tumigil kayo, tumigil kayo,” ngunit walang lumilingon.
9 Kunin ninyo ang sinamsam na pilak, kunin ninyo ang
sinamsam na ginto, sapagkat wala itong katapusan, ang
karangyaan ng lahat ng bagay na magaganda sa Ninive. 10
Walang nakatira sa Ninive at nawasak. Natutunaw ang puso
ng lahat, nag-uumpugan ang mga tuhod ng bawat isa, at
ang nagdadalamhati ang bawat isa, maputlang lahat ang
kanilang mga mukha. 11 Nasaan na ngayon ang lungga
ng mga leon, ang lugar kung saan pinapakain ang mga
batang leon, ang lugar kung saan dumadaan ang leon at
ang babaeng leon, kasama ang mga batang leon, kung
saan wala silang kinatatakutan? 12 Niluray ng leon ng
pirara-piraso ang kaniyang biktima para sa kaniyang mga
anak, sinakmal niya ang mga biktima para sa kaniyang mga
asawang leon, at pinupuno ang kaniyang kuweba ng mga
biktima, puno ang kaniyang mga lungga ng mga nilapang
patay na hayop. 13 “Masdan mo, ako ay laban sa iyo”,
ito ang pahayag ni Yahweh ng mga hukbo. “Susunugin ko
ang iyong mga karwahe sa usok at lalamunin ng espada

ang iyong mga batang leon. Ihihiwalay ko ang iyong mga
sinamsam mula sa iyong lupain at hindi na maririnig ang
mga tinig ng iyong mga mensahero."

3 Aba sa lungsod na puno ng dugo! Puno ito ng lahat
ng kasinungalingan at ninakaw na ari-arian; at laging
nasa kaniya ang mga biktima. 2 Ngunit ngayon naroon ang
ingay ng pamamalo at tunog ng mga dumadagundong na
mga gulong, tumitigidig na mga kabayo, at rumaragasang
mga karwahe. 3 May mga lumulusob na mangangabayo,
kumikislap na mga espada, kumikinang na mga sibat,
mga tambak ng mga bangkay, mataas na tumpok ng mga
bangkay. Walang katapusan sa mga katawan, natitisod
ang mga manlulusob sa kanila. 4 Nangyayari ito dahil sa
mahahalay na kilos ng magandang nagbebenta ng aliw,
ang bihasa sa pangkukulam na siyang nagbebenta ng mga
bansa sa pamamagitan ng kaniyang pagbebenta ng aliw, at
ang mga tao sa pamamagitan ng kaniyang paggawa ng
pangkukulam. 5 "Pagmasdan mo, ako ay laban sa iyo,"
ito ang pahayag ni Yahweh ng mga hukbo. "Aking itataas
ang iyong palda hanggang sa iyong mukha at ipapakita
ang iyong mga maseselang bahagi sa mga bansa, ang
iyong kahihiyan sa mga kaharian." 6 Magtatapon ako ng
nakakadiring dumi sa iyo at gagawin kang mabaho; Gagawin
kitang isang bansa na titingnan ng lahat. 7 Mangyayari ito
na ang lahat ng makakakita sa iyo ay lalayo at sasabihin,
'Nawasak ang Ninive, sino ang iiyak para sa kaniya?' Saan
ako makakahanap ng sinumang aaliw sa iyo?" 8 Ninive, ikaw
ba ay mas mabuti kaysa sa Tebes, na itinayo sa Ilog Nilo,
na napalibutan ng tubig, na ang kaniyang depensa ay ang
karagatan, na ang kaniyang pader ay ang dagat mismo? 9
Etiopia at Egipto ang kaniyang mga kalakasan, at wala itong
katapusan; kaanib niya ang Put at ang Libya. 10 Gayon pa
man, dinala ang Tebes palayo; napunta siya sa pagkabihag;
nadurog ang kaniyang mga batang anak sa dulo ng bawat
lansangan; nagpalabunutan ang kaniyang mga kaaway para
sa kaniyang mga mararangal na tao, at lahat nang kaniyang
mga dakilang tao ay ginapos ng mga tanikala. 11 Ikaw rin ay
malalasing; susubukan mong magtago, at maghahanap ka
rin ng isang mapagkukublihan mula sa iyong mga kaaway.
12 Lahat ng iyong mga kuta ay magiging tulad ng puno ng
mga igos na may maagang nahihinog na mga bunga: kung
nayuyugyog ang mga ito, nahuhulog ang mga ito sa bibig ng
mangangain. 13 Tingnan mo, ang mga taong kasama mo ay
mga babae; maluwang na nabuksan ang mga tarangkahan
ng iyong lupain para sa iyong mga kaaway; nilamon ng
apoy ang kanilang mga baras. 14 Sumalok ka ng tubig para
sa paglusob; pagtibayin mo ang iyong mga kuta; pumasok
ka sa putikan at tapakan mo ang lusong; tibayan mo ang
mga hulmahan ng mga laryo. 15 Lalamunin ka roon ng
apoy, at sisirain ka ng espada. Lalamunin ka nito gaya
ng paglamon ng mga batang balang sa lahat ng bagay.
Paramihin mo ang iyong sarili gaya ng batang mga balang,
kasindami ng malalaking mga balang. 16 Pinarami mo ang
iyong mga mangangalakal nang mas marami kaysa sa mga
bituin sa kalangitan; ngunit para silang mga batang balang;
sinasamsam nila ang lupain at pagkatapos ay lumilipad
palayo. 17 Marami ang iyong mga prinsipe na gaya ng
malalaking mga balang, at ang iyong mga heneral ay katulad
ng mga dumapong balang na nagkampo sa mga pader
sa isang malamig na panahon. Ngunit kapag sumikat ang
araw nagsisilipad sila palayo sa walang nakakaalam kung
saan. 18 Hari ng Asiria, natutulog ang iyong mga pastol;
nagpapahinga ang iyong mga pinuno. Nakakalat sa mga
bundok ang iyong mga tao, at walang sinuman ang titipon sa
kanila. 19 Walang maaaring kagalingan para sa iyong mga
sugat. Malala ang iyong mga sugat. Lahat ng makakarinig
ng balita tungkol sa iyo ay ipapalakpak ang kanilang mga
kamay sa kagalakan dahil sa iyo. Sino ang makatatakas sa
iyong patuloy na kasamaan?

# Habacuc

1 Ang pahayag na tinanggap ni propetang Habakuk: 2
“Yahweh, hanggang kailan ako dapat humingi ng tulong,
at hindi mo pakikinggan? Sumisigaw ako sa iyo dahil sa
matinding takot, 'Karahasan!' ngunit hindi mo ako ililigtas! 3
Bakit mo ipinapakita sa akin ang kasamaan at ipinamamasid
ang maling gawain? Pagkawasak at karahasan ang nasa
aking harapan; may alitan, at pagtatalong nabubuo! 4
Kaya ang kautusan ay humina, at ang katarungan ay hindi
na umiiral. Dahil pinalibutan ng masama ang matuwid;
kaya hindi totoong katarungan ang lumalabas.” Tumugon
si Yahweh kay Habakuk. 5 “Tingnan mo ang mga bansa
at suriin ang mga ito; magtaka at mamangha! Sapagkat
tinitiyak ko na mayroon akong gagawin sa mga araw mo
na hindi mo paniniwalaan kapag ito ay ibinalita sa iyo. 6
Sapagkat tingnan mo! Ibabangon ko ang mga Caldeo—ang
malupit at marahas na bansa—sila ay lumalakad sa buong
kaluwangan ng lupain upang sakupin ang mga tahanan na
hindi sa kanila. 7 (Sila) ay nakakasindak at nakakatakot; ang
kanilang paghuhukom at karangyaan ay mula sa kanilang
sarili! 8 Ang kanilang mga kabayo ay mas matulin kaysa sa
mga leopardo, mas mabilis kaysa sa mga lobo sa gabi! Ang
kanilang mga mangangabayo ay mula sa malayo kaya ang
kanilang mga kabayo ay mabilis tumakbo—lumilipad silang
gaya ng agila na nagmamadaling manakmal! 9 Dumating
silang lahat para sa karahasan, ang karamihan sa kanila ay
pumunta na tulad ng hangin ng disyerto at tinitipon nila ang
mga bihag na tulad ng buhangin! 10 Kaya kinukutya nila
ang mga hari, at ang mga namumuno ay kakutyaan lang sa
kanila! Tinatawanan nila ang bawat kutang tanggulan, dahil
nagbubunton (sila) ng lupa at kinukuha ang mga ito! 11 At
ang hangin ay mabilis na daraan; lalampas ito—mga taong
may kasalanan, (sila) na ang kanilang diyos ay ang kanilang
kapangyarihan!” Nagtanong si Habakuk kay Yahweh ng isa
pang katanungan. 12 “Hindi ba mula ka sa walang hanggan,
Yahweh na aking Diyos, ang aking Banal? Hindi kami
mamamatay. Itinalaga (sila) ni Yahweh para sa paghatol, at
ikaw na Bato ang nagtatag sa kanila para sa pagtutuwid! 13
Ang iyong mga mata ay napakadalisay upang tumitig sa
kasamaan, at hindi mo kayang tumingin sa maling gawain
nang may pagsang-ayon; ngunit bakit ka tumingin nang
may pagsang-ayon sa mga nagkakanulo? Bakit ka tahimik
habang nilulunok ng mga taong masama ang mga higit
na matuwid kaysa sa kanila? 14 Ginawa mong gaya ng
mga isda sa dagat ang mga tao, gaya ng mga bagay na
gumagapang na walang namumuno sa kanila. 15 Inangat
silang lahat sa pamamagitan ng pamingwit, kinakaladkad
nila palayo ang mga tao gamit ang mga lambat at iniipon
(sila) sa kanilang lambat. Ito ang dahilan kaya (sila) ay
nagagalak at sumisigaw nang masayang-masaya! 16 Kaya
(sila) ay naghahandog sa kanilang lambat at nagsusunog ng
insenso sa kanilang lambat, sapagkat ang mga pinatabang
hayop ang kanilang bahagi, at ang matatabang karne ang
kanilang pagkain! 17 Kaya aalisin ba nila ang lahat ng laman
ng kanilang lambat at ipagpapatuloy na patayin ang mga
bansa, nang walang pagkahabag?”

2 Tatayo ako sa aking bantayan at ipupuwesto ang aking
sarili sa toreng bantayan, at magbabantay ako nang
mabuti upang malaman kung ano ang sasabihin niya sa
akin at kung paano ako dapat tumalikod mula sa aking
daing. 2 Sumagot si Yahweh sa akin at sinabi, “Itala mo ang
pangitaing ito at isulat mo nang malinaw sa mga tapyas
ng bato upang ang bumabasa sa mga ito ay makatakbo!
3 Sapagkat ang pangitain ay sa panahong hinaharap pa
at sa wakas ay magsasalita at hindi mabibigo. Kahit na
ito ay maaantala, hintayin mo ito! Sapagkat ito ay tiyak na
darating at hindi magtatagal! 4 Tingnan ninyo! Ang tao na
siyang naghahangad nang higit para sa kaniyang sarili nang
hindi matuwid, ay isang hambog. Ngunit ang matuwid ay
mabubuhay sa pamamagitan ng kaniyang pananampalataya!
5 Sapagkat ang alak ay isang mapanlinlang sa mayabang na
binata upang hindi siya manatili, ngunit pinapalawak ang
kaniyang nais gaya ng libingan at gaya ng kamatayan, at
hindi nasiyahan kailanman. Tinitipon niya sa kaniyang sarili
ang bawat bansa at lahat ng mga tao para sa kaniyang
sarili. **(Sheol h7585)** 6 Hindi ba magbabadya ang lahat ng
taong ito ng talinghaga laban sa kaniya at nanghahamak na
kawikaan tungkol sa kaniya, at sasabihin, 'Aba sa taong
nagpaparami nang hindi sa kaniya! Hanggang kailan mo
palalakihin ang bigat ng mga panunumpa na iyong kinuha?'
7 Hindi ba tatayo ang mga nagngangalit sa iyo, at hindi
ba babangon ang nananakot sa iyo? Ikaw ay magiging
biktima para sa kanila! 8 Dahil sinamsam mo ang maraming
bansa, lahat ng mga natirang tao ay sasamsamin ka, dahilan
sa dugo ng tao at sa karahasan na ginawa sa lupain, sa
lambak at sa mga nininirahan dito. 9 'Aba sa taong nag-iipon
nang mula sa kasamaan para sa kaniyang sambahayan,
upang mailagay niya ang kaniyang pugad sa mataas para
mapanatili niyang ligtas ang kaniyang sarili mula sa kamay
ng masama!' 10 Nag-isip ka ng kahihiyan para sa iyong
sambahayan sa pamamagitan ng paglipol mo sa maraming
tao, at nagkasala ka laban sa iyong sarili. 11 Sapagkat
dadaing ang mga bato mula sa pader, at ang tahilan ng
troso ay sasagot sa kanila: 12 'Kaawa-awa ang taong
nagtatayo ng lungsod nang may dugo, at nagtatatag ng
bayan sa kasamaan!' 13 Hindi ba ito dahil kay Yahweh
ng mga hukbo kaya nagtratrabaho ang mga tao para sa

apoy at pinapagod ng bansa ang kanilang mga sarili para
sa wala? 14 Kahit ganoon ang lupain ay mapupuno ng
kaalaman ng kaluwalhatian ni Yahweh kagaya ng tubig
na tinatakpan ang dagat. 15 'Aba sa taong nagpapainom
sa kaniyang kapit-bahay, ikaw na nagdadagdag ng iyong
lason hanggang sa malasing mo (sila) upang makita mo
ang kanilang kahubaran!' 16 Mapupuno ka ng kahihiyan
at hindi ng karangalan! Inumin mo rin ito, at ipakita ang
iyong kahubaran! Ang saro ng kanang kamay ni Yahweh ay
darating at babaling sa iyo, at tatakpan ng kahihiyan ang
iyong karangalan. 17 Tatakpan ka ng karahasang ginawa
sa Lebanon, at kakikilabutan ka sa pagkawasak ng mga
mababangis na hayop dahil sa dugo ng mga tao at dahil
sa karahasang ginawa sa lupain, sa mga lungsod at sa
lahat ng mga naninirahan doon. 18 Ano ang pakinabang
mo sa inukit na anyo? Sapagkat ang taong nag-ukit nito,
o siyang gumawa ng anyo mula sa nilusaw na metal ay
tagapagturo ng kasinungalingan; dahil nagtitiwala siya sa
kaniyang sariling gawa nang ginawa niya ang mga piping
diyos na ito. 19 'Kaawa-awa sa taong nagsasabi sa mga
kahoy, Gumising ka! O sa mga tahimik na bato, Bumangon
ka!' Nagtuturo ba ang mga bagay na ito? Tingnan ninyo, ito
ay nababalot ng ginto at pilak, ngunit wala itong hininga man
lang. 20 Ngunit si Yahweh ay nasa loob ng kaniyang banal
na templo! Manahimik ka sa harapan niya, lahat ng lupain!"

3 Ang panalangin ni Habakuk na propeta: (Dinaragdag
ng teksto ng Hebreo ang "sa Sigionoth" na maaaring
tumutukoy sa musikal na direksiyon para sa mga mang-
aawit) 2 Yahweh, narinig ko ang iyong ulat, at ako ay
natakot! Yahweh, buhayin mo muli ang iyong gawain sa
gitna ng mga panahong ito; sa gitna ng mga panahong ito
ipaalam mo; alalahanin mo na magkaroon ng habag sa iyong
galit! 3 Ang Diyos ay nanggaling mula sa Teman, at ang
Banal mula sa Bundok Paran! (Selah) Tinakpan ng kaniyang
kaluwalhatian ang mga kalangitan, at ang mundo ay puno
ng kaniyang kapurihan. 4 Ang sinag ng kaniyang kamay
ay kumikinang gaya ng liwanag, at pinanatili niya roon ang
kaniyang kapangyarihan. 5 Ang salot ay nasa kaniyang
harapan, at sinusundan ng kamatayan ang kaniyang paa. 6
Tumayo siya at sinukat ang mundo; tumingin siya at niyanig
ang mga bansa! Maging ang mga walang haggang bundok
ay gumuho, at ang mga walang hanggang burol ay yumukod!
Ang kaniyang landas ay walang hanggan! 7 Nakita ko ang
mga tolda ng Cusan sa paghihirap, at ang tela ng mga tolda
sa lupain ng Midian ay nanginginig. 8 Nagalit ba si Yahweh
sa mga ilog? Ang iyong poot ba ay laban sa mga ilog, o ang
iyong matinding galit ay laban sa dagat nang sumakay ka sa
iyong mga kabayo, ang iyong karwahe nang kaligtasan?
9 Inilabas mo ang iyong pana nang walang takip; inilagay
mo ang iyong palaso sa iyong pana! (Selah) Hinati mo ang
mundo sa pamamagitan ng mga ilog. 10 Nakita ka ng mga
bundok at namimilipit sa sakit! Ang malakas na buhos ng
tubig ay dumaloy sa kanila; at ang kailaliman ng dagat ay
sumigaw! Itinaas nito ang kaniyang mga alon! 11 Ang araw
at ang buwan ay nanatiling nakatayo sa kanilang matayog
na lugar, umalis (sila) sa liwanag ng iyong mga palaso at sa
kumikinang na liwanag ng iyong sibat! 12 Lumakad kayo
sa mga lupain nang may galit. Sa poot ay giniik ninyo ang
mga bansa. 13 Lumabas ka para sa kaligtasan ng iyong
mga tao, para sa kaligtasan ng iyong pinili! Winasak mo
ang pinuno ng sambahayan ng masama para ipakita ang
puno ng leeg! (Selah) 14 Tinusok mo ang ulo ng kaniyang
mga mandirigma sa pamamagitan ng kaniyang sariling mga
palaso yamang pumarito (sila) gaya ng isang bagyo upang
ikalat kami, ang kanilang kasiyahan ay gaya ng isang taong
sinasakmal ang mahihirap sa isang taguan. 15 Naglakbay
kayo sa dagat kasama ang inyong mga kabayo, at pinaapaw
ang malaking tubig. 16 Narinig ko, at ang aking kaloob-
loobang bahagi ay nanginig! Ang aking mga labi ay nangatal
sa tunog! Kabulukan ay pumasok sa aking mga buto, at
sa ilalim ng katawan ko ay nanginig habang tahimik kong
hinihintay na dumating ang araw nang kaguluhan sa mga
taong lumulusob sa amin. 17 Bagaman ang mga puno ng
igos ay hindi sumibol at walang bunga mula sa mga puno ng
ubas; bagaman ang puno ng olibo ay hindi namunga, at ang
mga bukirin ay walang naibibigay na pagkain; bagaman ang
kawan ay naihiwalay sa kulungan, at walang baka sa mga
kuwadra— 18 Gayon man, magagalak ako kay Yahweh!
Matutuwa ako dahil ang Diyos ang aking kaligtasan! 19
Ang Panginoong Yahweh ang aking lakas, at ginagawa
niya ang aking paa na tulad ng paa ng usang babae at
pinangungunahan ako sa aking mga lugar na matataas!
—Sa direktor ng musika, sa aking mga instrumentong may
kuwerdas.

# Zefanias

1 Ito ang salita ni Yahweh na dumating kay Zefanias na
anak ni Cusi na anak ni Geldias na anak ni Amarias na
anak ni Hezekias, sa mga araw ni Josias na anak ni Ammon
na hari ng Juda. 2 “Ganap kong lilipulin ang lahat ng nasa
lupa! Ito ang pahayag ni Yahweh. 3 Lilipulin ko ang mga tao at
mga hayop, ang mga ibon sa kalangitan at ang mga isda sa
dagat, ang sanhi ng pagkasira kasama ng mga masasama!
Sapagkat lilipulin ko ang sangkatauhan sa lupa!” Ito ang
pahayag ni Yahweh. 4 “Iuunat ko ang aking kamay sa buong
Juda at sa lahat ng naninirahan sa Jerusalem. Papatayin
ko ang bawat nalalabi ni Baal sa lugar na ito at ang mga
pangalan ng mga taong sumasamba sa diyus-diyosan na
kabilang sa mga pari, 5 ang mga taong nasa mga bubungan
ng bahay na sumasamba sa mga natatanaw sa kalawakan
at ang mga taong sumasamba at nangangako kay Yahweh
ngunit nangangako rin kay Milcom. 6 Gayundin ang gagawin
ko sa mga tumalikod sa pagsunod kay Yahweh, maging ang
mga hindi naghahanap kay Yahweh, ni humihingi ng kaniyang
patnubay.” 7 Manahimik ka sa harap ng Panginoong Yahweh
sapagkat paparating na ang araw ni Yahweh, sapagkat
naghanda si Yahweh ng alay na itinalaga niya sa kaniyang
mga panauhin. 8 “Mangyayari ito sa araw ng pag-aalay ni
Yahweh na parurusahan ko ang mga prinsipe at ang mga
anak ng hari at ang lahat ng nakasuot ng mga pandayuhang
kasuotan. 9 Sa araw na iyon, parurusahan ko ang mga
nagsisilukso sa pintuan, ang mga taong pumupuno sa bahay
ng kanilang panginoon sa pamamagitan ng karahasan at
panlilinlang! 10 Ito ang pahayag ni Yahweh. Kaya mangyayari
ito sa araw na iyan, na ang pag-iyak ng pagkabahala ay
magmumula sa Tarangkahang tinawag na Isda, pananaghoy
mula sa Ikalawang Distrito at isang napakalakas na ingay
ng pagbagsak mula sa mga burol. 11 Tumaghoy kayong
mga naninirahan sa Pamilihang Distrito, sapagkat lilipulin
ang lahat ng mangangalakal at mamamatay ang lahat ng
nagtitimbang ng mga pilak. 12 Darating ito sa panahong iyon
na maghahanap ako sa Jerusalem gamit ang mga ilawan
at parurusahan ko ang mga kalalakihang nasiyahan sa
kanilang mga alak at nagsabi sa kanilang mga puso, 'Walang
anumang gagawin si Yahweh, mabuti man o masama!' 13
Nanakawin ang kanilang mga kayamanan at hahayaang
ganap na mawasak ang kanilang mga bahay! Magtatayo
sila ng mga bahay ngunit hindi maninirahan sa mga ito at
magtatanim sila ng mga ubasan ngunit hindi iinom ng alak
nito! 14 Malapit na ang dakilang araw ni Yahweh, malapit na
at nagmamadali! Ang tunog ng araw ni Yahweh ay magiging
tulad ng mandirigmang umiiyak nang may kapaitan! 15
Ang araw na iyan ay magiging araw ng matinding galit,
araw ng pagkabahala at pagdadalamhati, araw ng unos at
pagkawasak, araw ng kadiliman at kalungkutan, araw ng
mga ulap at pumapaitaas na kadiliman! 16 Magiging araw ito
ng mga trumpeta at mga hudyat laban sa mga matitibay na
lungsod at mga matataas na kuta! 17 Sapagkat magdadala
ako ng pagkabahala sa sangkatauhan, upang lumakad sila
na gaya ng mga bulag na tao sapagkat nagkasala sila kay
Yahweh! Ibubuhos ang kanilang dugo na gaya ng alabok at
ang kanilang mga lamanloob gaya ng dumi! 18 Hindi sila
maililigtas maging ng kanilang mga pilak o ginto sa araw ng
matinding galit ni Yahweh! Tutupukin ng apoy ng matinding
poot ni Yahweh ang buong lupain sapagkat nakasisindak ang
paglipol na kaniyang idudulot laban sa lahat ng naninirahan
sa lupain!”

2 Bansang walang kahihiyan, magtulungan kayo at
magtipun-tipon, 2 bago isagawa ng kautusan ang
kahihinantan, bago lumipas ang araw na gaya ng ipa, bago
dumating ang matinding galit ni Yahweh sa inyo! Bago
dumating ang araw ng matinding poot ni Yahweh sa inyo! 3
Hanapin ninyo si Yahweh, kayong mga mapagpakumbabang
tao sa lupa na sumusunod sa kaniyang mga kautusan!
Hanapin ninyo ang katuwiran! Hanapin ninyo ang kababaang-
loob at marahil na iingatan kayo sa araw ng matinding
poot ni Yahweh! 4 Sapagkat pababayaan ang Gaza at
mawawasak ang Ashkelon! Palalayasin nila ang mga Asdon
sa tanghali at bubunutin nila ang Ekron! 5 Kaawa-awa
ang mga naninirahan sa tabing-dagat, ang bansa ng mga
Queretita! Nagsalita si Yahweh laban sa inyo, Canaan, ang
lupain ng mga Filisteo! Lilipulin ko kayo hanggang sa walang
matira sa mga naninirahan! 6 Kaya ang tabing-dagat ay
magiging pastulan para sa mga pastol at para sa kulungan
ng mga tupa. 7 Mapapabilang ang baybaying rehiyon sa
mga nalalabi sa sambahayan ng Juda na magpapastol ng
kanilang mga kawan doon. Sa gabi, mahihiga ang kanilang
mga tao sa mga tahanan ng Ashkelon, sapagkat iingatan sila
ni Yahweh na kanilang Diyos at panunumbalikin ang kanilang
mga kapalaran. 8 “Narinig ko ang mga panghahamak ng
mga Moabita at ang pagsisiwalat ng mga Ammonita nang
hamakin nila ang aking mga tao at nilabag ang kanilang mga
hangganan. 9 Kaya, ako ay nabubuhay, ito ang pahayag
ni Yahweh ng mga hukbo, ang Diyos ng Israel, “Magiging
katulad ng Moab ang Sodoma at tulad ng mga Ammonita
ang Gomorra, isang madamong lugar at hukay na asin,
na pinabayaan magpakailanman! Ngunit nanakawan sila
ng mga nalalabi kong tao at mamanahin ng aking mga
natitirang tao ang mga nagmula sa kanila!” 10 Mangyayari ito
sa Moab at Amon dahil sa kanilang pagmamataas, sapagkat
hinamak at kinutya nila ang mga tao ni Yahweh ng mga
hukbo! 11 At matatakot sila kay Yahweh sapagkat hahamakin

niya ang lahat ng diyos sa lupa. Sasambahin siya ng lahat,
lahat ng nagmula sa kaniyang sariling lupain at mula sa
bawat dalampasigan! 12 Mamamatay din kayong mga taga-
Kush sa pamamagitan ng aking espada 13 at sasalakayin
ng kamay ng Diyos ang hilaga at wawasakin ang Asiria
upang pabayaang ganap na mawasak ang Nineve gaya
ng tuyong disyerto. 14 Pagkatapos, hihiga ang mga kawan
sa kalagitnaan ng Asiria, ang bawat hayop ng mga bansa
at magpupugad ang mga ibon at mga kuwago sa taas ng
kaniyang mga haligi. Magkakaroon ng tunog na huhuni sa
mga bintana at tatawag ang mga uwak sa kanilang pintuan
sapagkat inilantad niya ang mga kahoy na cedar. 15 Ito
ang pinakamasayang lungsod na namuhay nang walang
takot, na nagsabi sa kaniyang puso, “Ako nga, at wala akong
katulad!” Paano siya naging isang katatakutan, isang lugar
na hinihigaan ng mga mababangis na hayop! Susutsot ang
bawat daraan sa kaniya at ikukumpas ang kaniyang kamao
sa kaniya!

**3** Kaawa-awa ang mapanghimagsik na lungsod!
Nadungisan ang marahas na lungsod! 2 Hindi siya
nakinig sa tinig ng Diyos, o tumanggap ng pagtutuwid mula
kay Yahweh! Hindi siya nagtiwala kay Yahweh at hindi
lumapit sa kaniyang Diyos. 3 Umaatungal na mga leon
ang kaniyang mga prinsipe sa kaniyang kalagitnaan! Ang
kaniyang mga hukom ay mga lobo sa gabi na walang
iniiwanang ngangatngatin sa umaga! 4 Ang kaniyang mga
propeta ay walang galang at taksil na mga tao! Nilapastangan
ng kaniyang mga pari ang banal at gumawa ng karahasan
sa batas! 5 Matuwid si Yahweh sa kaniyang kalagitnaan!
Wala siyang ginagawang mali! Araw-araw niyang ibinibigay
ang kaniyang katarungan! Hindi ito maitatago sa liwanag
ngunit hindi nahihiya ang mga makasalanan! 6 “Nilipol ko
ang mga bansa, nawasak ang kanilang mga kuta. Winasak
ko ang kanilang mga lansangan upang walang sinuman ang
makadaan sa mga ito. Nawasak ang kanilang mga lungsod
upang walang tao ang manirahan sa mga ito. 7 Sinabi ko,
'Tiyak na matatakot kayo sa akin! Tanggapin ninyo ang
pagtutuwid at hindi kayo maihihiwalay sa inyong mga tahanan
sa pamamagitan ng binalak kong gawin sa inyo! Ngunit sabik
silang magsimula tuwing umaga sa pamamagitan ng pagsira
ng lahat ng kanilang mga gawain. 8 Kung gayon hintayin
ninyo ako” - ito ang pahayag ni Yahweh-” hanggang sa
araw na babangon ako upang manloob! Sapagkat nagpasya
akong tipunin ang mga bansa upang buuin ang mga kaharian
at upang ibuhos sa kanila ang aking galit, ang lahat ng
aking matinding poot upang tupukin ng apoy ng aking galit
ang lahat ng lupain. 9 Ngunit magbibigay ako ng dalisay
na mga labi sa mga tao, upang tawagin silang lahat sa
pangalan ni Yahweh, upang paglingkuran nila ako nang may
pagkakaisa. 10 Mula sa ibayo ng ilog ng Etopia, magdadala
sa akin ng mga handog ang mga taong sumasamba sa akin
at ang aking mga taong nagkawatak-watak. 11 Sa araw
na iyon, hindi kayo malalagay sa kahihiyan dahil sa lahat
ng kasamaang ginawa ninyo laban sa akin sapagkat mula
sa araw na iyon, aalisin ko mula sa inyo ang mga taong
nagdiwang ng inyong pagmamataas at dahil hindi na kayo
magyayabang sa aking banal na bundok. 12 Ngunit iiwanan
ko kayo gaya ng isang mababa at mahihirap na mga tao at
magiging kanlungan ninyo ang pangalan ni Yahweh. 13 Hindi
na magkakasala ang mga nalalabi sa Israel o magsasalita
ng mga kasinungalingan at hindi sila mahahanapan ng
mapanlinlang na dila sa kanilang bibig, kaya kakain sila,
hihiga at walang sinuman ang mananakot sa kanila.” 14
Umawit ka anak ng Zion! Sumigaw ka Israel! Magsaya at
magalak ka nang buong puso, anak ng Jerusalem! 15 Inalis
ni Yahweh ang iyong kaparusahan, pinalayas niya ang iyong
mga kaaway! Si Yahweh ang hari ninyong mga taga-Israel.
Hindi na kayo muling matatakot sa kasamaan! 16 Sa araw
na iyon, sasabihin nila sa Jerusalem, “Huwag kang matakot,
Zion. Huwag mong hahayaang manghina ang iyong mga
kamay. 17 Nasa iyong kalagitnaan si Yahweh na iyong Diyos,
isang makapangyarihang magliligtas sa iyo. Magdiriwang
siya sa iyo nang may kagalakan at mananahimik siya
dahil sa kaniyang pag-ibig sa iyo. Masisiyahan siya sa iyo
at sisigaw nang may kagalakan. 18 Tinipon ko mula sa
iyo ang mga nagdadalamhati sa itinalagang kapistahan,
naging pasanin sila at naging dahilan ng kahihiyan sa iyo.
19 Pakinggan mo, sa panahong iyon, makikipagtuos ako
sa mga lumapastangan sa iyo. Sasagipin ko ang lumpo
at titipunin ko ang mga palaboy. Aalisin ko ang kanilang
kahihiyan at bibigyan sila ng papuri at parangal sa buong
lupa. 20 Sa panahong iyon, pangungunahan kita at titipunin.
Igagalang at pupurihin ka ng lahat ng bansa sa lupa kapag
nakita mong ibinalik kita”, sabi ni Yahweh.

# Hagai

1 Sa ikalawang taon ni haring Dario, sa unang araw
ng ikaanim na buwan, dumating ang salita ni Yahweh
sa pamamagitan ng kamay ni Hagai na propeta para sa
gobernador ng Juda na si Zerubabel na anak ni Sealtiel,
at sa pinakapunong pari na si Josue na anak ni Josadac,
at sinabi, 2 “Ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo:
'Sinasabi ng mga taong ito, “Hindi pa ito ang panahon
para pumunta kami o para itayo ang tahanan ni Yahweh.””
3 At dumating ang salita ni Yahweh sa pamamagitan ng
kamay ni Hagai na propeta at sinabi, 4 “Ito ba ay ang oras
para kayo ay manirahan sa inyong mga sariling tahanan,
samantalang ang tahanang ito ay napabayaang wasak?” 5
Kaya ngayon ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo:
'Isaalang-alang ang inyong mga pamamaraan! 6 Naghasik
kayo ng napakaraming binhi, ngunit kakaunti ang inyong
aanihin; kumain kayo ngunit hindi nabubusog; uminom
kayo ngunit nanatiling uhaw. Nagsuot kayo ng mga damit
ngunit hindi kayo naiinitan, at ang mga manggagawa ay
kumikita lamang ng pera para ilagay ito sa isang sisidlan
na puno ng mga butas!' 7 Ito ang sinasabi ni Yahweh
ng mga hukbo: 'Isaalang-alang ninyo ang inyong mga
kapamaraanan! 8 Umakyat kayo sa bundok, kumuha ng
kahoy, at itayo ninyo ang aking tahanan; at kalulugdan ko ito,
at ako ay luluwalhatiin!' sabi ni Yahweh. 9 'Naghanap kayo
ng marami, ngunit masdan ninyo! kaunti ang inyong naiuwi
sa tahanan, sapagkat hinipan ko ito! Bakit?' -ito ang pahayag
ng Yahweh ng mga hukbo! 'Dahil napabayaang wasak ang
aking tahanan, samantlang pinapaganda ng lahat ng tao
ang kanilang sariling tahanan.' 10 Dahil dito, ipinagkait ng
kalangitan ang hamog sa inyo at ipinagkakait ng lupa ang
ani nito. 11 Ipinaranas ko ang tagtuyot sa lupain at sa mga
kabundukan, sa trigo at sa bagong alak, sa langis at sa mga
inaani sa lupa, sa mga tao at sa mga mababangis na hayop,
at sa lahat ng pinaghirapan ng inyong mga kamay!'” 12 At si
Zerubabel na anak ni Sealtiel at ang pinakapunong pari na
si Josue na anak ni Jehozadak, kasama ang lahat ng mga
natitirang tao, na sumunod sa tinig ni Yahweh na kanilang
Diyos at sa mga salita ni Hagai na propeta dahil isinugo siya
ni Yahweh na kanilang Diyos. At kinatakutan ng mga tao ang
mukha ni Yahweh. 13 At si Hagai, na mensahero ni Yahweh,
ang nagsalita ng mensahe ni Yahweh sa mga tao at sinabi,
“'Ako ay kasama ninyo!' —ito ang pahayag ni Yahweh!” 14
Kaya pinakilos ni Yahweh ang espiritu ng gobernador ng
Juda, si Zerubabel na anak ni Sealtiel, at ang espiritu ng
pinakapunong pari na si Joshua na anak ni Jehozadak,
at ang espiritu nang lahat ng mga tao na natira, kaya sila
pumunta at ginawa ang tahanan ni Yahweh ng mga hukbo
na kanilang Diyos, 15 sa ikadalawampu't apat na araw ng
ikaanim na buwan, sa ikalawang taon ng paghahari ni Dario.

2 Sa ikadalawampu't isang araw ng ikapitong buwan,
dumating ang salita ni Yahweh sa pamamagitan ng
kamay ni Hagai, ang propeta at sinabi, 2 “Magsalita ka sa
gobernador ng Juda, kay Zerubabel na anak ni Sealtiel at
sa punong pari na si Josue na anak ni Josadac at sa mga
natitirang tao. Sabihin mo, 3 'Sino ang nananatili sa inyo
na nakakita sa dating kaluwalhatian ng tahanang ito? At
paano ninyo ito nakikita ngayon? Parang wala lang ba ito sa
inyong paningin? 4 Ngayon, magpakatatag ka, Zerubabel!' -
ito ang pahayag ni Yahweh- at magpakatatag ka, punong
paring Josue anak ni Josadac; at magpakatatag kayong
lahat na mga tao sa lupain!'—ito ang pahayag ni Yahweh—
'at gumawa kayo sapagkat kasama ninyo ako! —ito ang
pahayag ni Yahweh ng mga hukbo. 5 'Sa pamamagitan ng
mga pangakong nakapaloob sa kasunduang itinatag ko sa
inyo nang lumabas kayo sa Egipto at ang aking Espiritu
ay kasama ninyo, huwag kayong matakot!' 6 Sapagkat
ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo: 'Sa sandaling
panahon yayanigin kong muli ang kalangitan at ang lupa, ang
karagatan at ang tuyong lupain! 7 At yayanigin ko ang bawat
bansa, at ang bawat bansa ay magdadala ng kanilang mga
mahahalagang bagay sa akin, at pupunuin ko ang tahanang
ito ng kaluwalhatian!' sabi ni Yahweh ng mga hukbo. 8
Akin ang pilak at ginto!'—ito ang pahayag ni Yahweh ng
mga Hukbo. 9 Magiging mas dakila ang kaluwalhatian ng
tahanang ito sa hinaharap kaysa sa simula, sabi ni Yahweh
ng mga hukbo, 'at ibibigay ko ang kapayapaan sa lugar na
ito!'—ito ang pahayag ni Yahweh ng mga hukbo.” 10 Sa
ikadalawampu't apat na araw ng ikasiyam na buwan, sa
ikalawang taon ni Dario, dumating ang salita ni Yahweh sa
pamamagitan ni Hagai, ang propeta at sinabi, 11 “Ganito
ang sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo: 'Tanungin mo ang
mga pari tungkol sa kautusan, at sabihin mo: 12 Kung
magdadala ang isang tao ng isang karne na naitalaga kay
Yahweh sa laylayan ng kaniyang damit, at kung masagi ng
laylayan ng kaniyang damit ang tinapay o sabaw, alak o
langis, o anumang pagkain, magiging banal din ba ang mga
pagkaing iyon?” Sumagot ang mga pari at sinabi, “Hindi.”
13 Pagkatapos, sinabi ni Hagai, “Kung masagi ng isang
taong marumi dahil sa patay ang alinman sa mga bagay
na ito, magiging marumi ba ang mga ito? Sumagot ang
mga pari at sinabi, “Oo, magiging marumi ang mga ito.”
14 Kaya sumagot si Hagai at sinabi, “'Gayon din ang mga
taong ito at ang bansa na nasa aking harapan! —ito ang
pahayag ni Yahweh—'at maging ang lahat ng mga bagay na
ginawa ng kanilang mga kamay: ang kanilang mga inialay
sa akin ay marumi. 15 Kaya ngayon, isipin ninyo mula sa

araw na ito at sa mga susunod pa, bago maipatong ang
alinmang bato sa isa pang bato sa templo ni Yahweh, **16** sa
tuwing pupunta ang sinuman sa kamalig para kumuha ng
dalawampung sukat ng butil, sampu lamang ang mayroon, at
sa tuwing pupunta ang sinuman sa pagawaan ng alak upang
kumuha ng limampung sukat ng alak, dalawampu lamang
ang mayroon. **17** Pinahirapan ko kayo at ang lahat ng gawa
ng inyong mga kamay sa pamamagitan ng pagkabulok at
pagkaaamag, ngunit hindi pa rin kayo bumalik sa akin'-ito
ang pahayag ni Yahweh. **18** Isipin ninyo mula sa araw na ito
at sa mga susunod na mga araw, mula sa ikadalawampu't
apat na araw ng ikasiyam na buwan, mula sa araw na
nailagay ang pundasyon ng templo ni Yahweh. Isipin ninyo
ito! **19** Mayroon pa bang mga binhi sa kamalig? Ang puno
ng ubas, ang puno ng igos, ang granada, at ang puno ng
olibo ay walang bunga! Ngunit pagpapalain ko kayo mula sa
araw na ito!'" **20** At sa pangalawang pagkakataon muling
dumating kay Hagai ang salita ni Yahweh sa ikadalawampu't
apat na araw ng buwan at sinabi **21** "Makipagusap ka sa
gobernador ng Juda, kay Zerubabel at sabihin mo, 'Yayanigin
ko ang kalangitan at ang lupa. **22** Sapagkat pababagsakin
ko ang trono ng mga kaharian at sisirain ko ang kalakasan
ng mga kaharian ng bansa, pababagsakin ko ang kanilang
mga karwahe at ang mga mangangarwahe nito. Ang mga
kabayo at mga mangangabayo ay malalaglag ang bawat
isa dahil sa espada ng kaniyang kapatid. **23** Sa araw na
iyon'—ito ang pahayag ni Yahweh ng mga hukbo—' kukunin
kita Zerubabel anak ni Sealtiel bilang aking lingkod'- Ito ang
pahayag ni Yahweh. Gagawin kitang tulad ng isang selyo
sa aking singsing, sapagkat ikaw ang aking pinili! -ito ang
pahayag ni Yahweh ng mga hukbo!"

# Zacarias

**1** Nang ikawalong buwan ng ikalawang taon ng paghahari
ni Dario, dumating ang salita ni Yahweh kay Zacarias na
anak ni Berequias na anak ni propeta Iddo na nagsasabi, **2**
“Lubhang nagalit si Yahweh sa inyong mga ama! **3** Sabihin
mo sa kanila, 'Ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo,
“Bumalik kayo sa akin!” Ito ang pahayag ni Yahweh ng
mga hukbo. “At babalik ako sa inyo.” Sabi ni Yahweh ng
mga hukbo. **4** Huwag kayong maging katulad ng inyong
mga amang sinigawan ng mga propeta noong nakaraan
na nagsasabi, “Ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo:
tumalikod kayo sa inyong mga masasamang gawain at
kaugalian!” Ngunit hindi sila nakinig at hindi nila ako binigyan
ng pansin.” Ito ang pahayag ni Yahweh. **5** “Nasaan ang
inyong mga ama? At ang mga propeta, naririto ba sila
magpakailanman? **6** Ngunit ang aking mga salita at mga
kautausan na iniutos ko sa aking mga lingkod na mga
propeta, hindi ba nito naabot ang inyong mga ama? Kaya
nagsisi sila at sinabi, “Gaya ng binalak gawin sa atin ni
Yahweh ng mga hukbo dahil sa ating mga salita at gawain,
kaya niya ginawa sa atin.” **7** Nang ikadalawampu't-apat na
araw ng ikalabing isang buwan, na siyang buwan ng Sebath,
na ikalawang taon ng paghahari ni Dario, dumating ang
salita ni Yahweh kay Zacarias na anak ni Berequias na anak
ni propeta Iddo na nagsasabi, **8** “Nakita ko sa gabi at tingnan
mo! nakasakay ang isang lalaki sa pulang kabayo at nasa
kalagitnaan siya ng mga puno ng mirto na nasa lambak at sa
likod niya ay may mga pula, mapula na kayumanggi at mga
puting kabayo.” **9** Sinabi ko, “Ano ang mga ito Panginoon?”
At sinabi sa akin ng anghel na kumausap sa akin, “Ipapakita
ko sa iyo kung ano ang mga ito.” **10** Pagkatapos, sumagot
ang lalaking nakatayo sa kalagitnaan ng mga puno ng
mirto at sinabi, “Ito ang mga isinugo ni Yahweh upang
maglibot sa buong daigdig.” **11** Tumugon sila sa anghel
ni Yahweh na nakatayo sa kalagitnaan ng mga puno ng
mirto, sinabi nila sa kaniya, “Matagal na kaming naglilibot sa
buong daigdig, tingnan mo, ang buong daigdig ay nananatili
at nagpapahinga.” **12** Pagkatapos, sinagot ng anghel si
Yahweh at sinabi, “Yahweh ng mga hukbo, gaano katagal
kang hindi magpapakita ng pagkahabag sa Jerusalem at
sa mga lungsod ng Juda na nagdusa ng iyong pagkagalit
nitong pitumpung taon”? **13** Sinagot ni Yahweh ang anghel
na kumausap sa akin nang may mga magagandang salita
at mga salitang pang-aliw. **14** Kaya sinabi ng anghel na
nakipag-usap sa akin, “Sumigaw ka at iyong sabihin, 'Ito ang
sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo: “Naninibugho ako para
sa Jerusalem at Sion nang may matinding damdamin! **15** At
labis akong nagagalit sa mga bansang matiwasay sapagkat
hindi ako nalugod at tumulong sila sa pagbubungad ng
kadalamhatian.” **16** Kaya ito ang sinasabi ni Yahweh ng
mga hukbo: “Bumalik ako sa Jerusalem ng may pagkaawa.
Itatatag ang aking tahanan sa kaniya at iuunat sa Jerusalem
ang panukat na linya!”- ito ang pahayag ni Yahweh ng mga
hukbo. **17** Muli, sumigaw ka na magsasabi, 'Ito ang sinasabi
ni Yahweh ng mga hukbo: 'Ang aking mga lungsod ay muling
mapupuno ng kabutihan at muling aaliwin ni Yahweh ang
Sion at muli niyang pipiliin ang Jerusalem.” **18** Pagkatapos,
tumingala ako at nakakita ng apat na sungay! **19** Nagsalita
ako sa anghel na nakipag-usap sa akin, “Ano ang mga ito?”
Sinagot niya ako, “Ito ang mga sungay na nagpakalat sa
Juda, Israel at Jerusalem.” **20** Pagkatapos, ipinakita sa akin
ni Yahweh ang apat na panday. **21** Sinabi ko, “Ano ang
gagawin ng mga taong ito?” Sumagot siya at sinabi, “Ito ang
mga sungay na nagpakalat sa Juda upang walang sinuman
ang makapag-angat ng kaniyang ulo. Ngunit dumarating ang
mga taong ito upang palayasin sila, upang ibagsak ang mga
sungay ng mga bansang nag-angat ng anumang sungay
laban sa lupain ng Juda upang ikalat siya.

**2** Pagkatapos nito, itiningala ko ang aking mga mata at
nakita ko ang isang lalaki na mayroong panukat na
lubid sa kaniyang kamay. **2** Sinabi ko, “Saan ka pupunta?”
Kaya sinabi niya sa akin, “Susukatin ko ang Jerusalem,
upang malaman ang luwang at haba nito.” **3** Pagkatapos,
umalis ang anghel na nakipag-usap sa akin at lumabas
ang isa pang anghel upang salubungin siya. **4** Sinabi sa
kaniya ng ikalawang anghel, “Tumakbo ka at sabihin mo sa
binatang iyon: sabihin mo, 'Uupo ang Jerusalem sa bansang
walang pader dahil sa napakaraming tao at mga hayop
na nasa kaniya. **5** Sapagkat Ako ang magiging pader na
apoy sa palibot niya at ako ang magiging kaluwalhatian sa
kalagitnaan niya — ito ang pahayag ni Yahweh. **6** Oy! Oy!
Tumakas kayo mula sa lupain ng hilaga'— ito ang pahayag ni
Yahweh, 'sapagkat ikinalat ko kayo tulad ng apat na hangin
sa himpapawid!' Ito ang pahayag ni Yahweh, **7** 'Oy! Tumakas
kayo papuntang Zion, kayong mga naninirahan kasama ng
mga anak na babae ng Babilonia!'” **8** Sapagkat pagkatapos
akong parangalan ni Yahweh ng mga hukbo at ipadala ako
laban sa mga bansa na nanamsam sa inyo— sapagkat
sinuman ang sumagi sa inyo ay sumagi sa natatangi sa
paningin ni Yahweh! Pagkatapos itong gawin ni Yahweh,
sinabi niya, **9** “Ako mismo ang kukumpas ng aking kamay sa
kanila, at magiging sinamsam sila para sa kanilang mga
alipin.” At malalaman ninyo na si Yahweh ng mga hukbo
ang nagpadala sa akin. **10** Umawit ka nang may kagalakan,
anak na babae ng Zion, sapagkat ako mismo ang darating
at mananahan sa inyo! Ito ang pahayag ni Yahweh.” **11**
Pagkatapos, makikiisa kay Yahweh ang mga malalaking

bansa sa araw na iyon. Sinasabi niya, “At kayo ang magiging
mga tao ko sapagkat mananahan ako sa inyong kalagitnaan.”
At malalaman ninyo na si Yahweh ng mga hukbo ang
nagpadala sa akin sa inyo. 12 Sapagkat mamanahin ni
Yahweh ang Juda bilang kaniyang nararapat na pag-aari sa
banal na lupain at muling pipiliin ang Jerusalem para sa
kaniyang sarili. 13 Ang lahat ng laman, manahimik kayo
sa harapan ni Yahweh, sapagkat siya ay ginising mula sa
kaniyang banal na lugar!

**3** Pagkatapos, ipinakita sa akin ni Yahweh si Josue na
punong pari na nakatayo sa harapan ng anghel ni
Yahweh at nakatayo sa kaniyang kanang kamay si Satanas
upang paratangan siya ng kasalanan. 2 Sinabi ng anghel
ni Yahweh kay Satanas, “Sawayin ka nawa ni Yahweh,
Satanas: Sawayin ka nawa ni Yahweh, na siyang pumili
sa Jerusalem! Hindi ba ito isang gatong na hinila mula sa
apoy? 3 Nakasuot si Josue ng maruming kasuotan habang
nakatayo siya sa harapan ng anghel, 4 kaya nagsalita
ang anghel at sinabi sa mga nakatayo sa harapan niya,
“Alisin ang maruming kasuotan mula sa kaniya.” At sinabi
niya kay Josue, “Tingnan mo! Pinalampas ko ang mabigat
mong kasalanan at bibihisan kita ng magandang damit.” 5
Sinabi niya, “Suotan ninyo siya ng malinis na turbante sa
kaniyang ulo!” Kaya sinuotan nila si Josue ng isang malinis
na turbante sa kaniyang ulo at binihisan siya ng malinis na
kasuotan habang nakatayo sa tabi ang anghel ni Yahweh. 6
Pagkatapos nito, taimtim na inutusan si Josue ng anghel ni
Yahweh at sinabi, 7 “Ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga
hukbo, 'Kung ikaw ay lalakad sa aking pamamaraan at kung
pananatilihin mo ang aking mga kautusan, pamumunuan
mo ang aking tahanan at babantayan mo ang aking mga
hukuman, sapagkat pahihintulutan kita na pumunta at
bumalik kasama nitong mga nakatayo sa aking harapan. 8
Makinig ka, Josue na punong pari, ikaw at ang iyong mga
kasamahan na naninirahan sa iyo! Sapagkat ang mga taong
ito ay isang katibayan, sapagkat ako mismo ang maglalabas
sa aking lingkod, ang Sanga. 9 Ngayon tingnan ninyo ang
bato na inilagay ko sa harapan ni Josue. Mayroong pitong
tapyas sa isang batong ito, at uukitan ko ng isang tatak
— ito ang pahayag ni Yahweh ng mga hukbo—at aalisin
ko ang kasalanan ng lupaing ito sa loob ng isang araw.
10 Sa araw na iyon, ito ang pahayag ni Yahweh ng mga
hukbo, 'aanyayahan ng bawat tao ang kaniyang kapwa
upang mamahinga sa ilalim ng kaniyang puno ng ubas at
ilalim ng kaniyang puno ng igos.'"

**4** Pagkatapos ang anghel na nakikipag-usap sa akin ay
bumalik at ginising ako na katulad ng isang lalaking
ginising mula sa kaniyang pagkakatulog. 2 Sinabi niya sa
akin, “Ano ang nakikita mo?” Sinabi ko, “Nakikita ko ang
isang patungan ng lampara na gawa lahat sa ginto, may
isang mangkok sa ibabaw nito. May pito itong lampara at
pitong mitsa sa ibabaw ng bawat lampara. 3 Dalawang
puno ng olibo ang nasa tabi nito, isa sa kanang bahagi ng
mangkok at isa sa kaliwang bahagi.” 4 Kaya muli akong
nagsalita sa anghel na nakikipag-usap sa akin. Sinabi ko,
“Ano ang kahulugan ng mga bagay na ito, aking panginoon?”
5 Sumagot ang anghel na nakikipag-usap sa akin at sinabi,
“Hindi mo ba alam kung ano ang kahulugan ng mga bagay
na ito?” Sinabi ko, “Hindi, aking panginoon.” 6 Kaya sinabi
niya sa akin, “Ito ang salita ni Yahweh kay Zerubabel:
Hindi sa pamamagitan ng lakas ni sa pamamagitan ng
kapangyarihan, ngunit sa pamamagitan ng aking Espiritu,'
sabi ni Yahweh ng mga hukbo. 7 'Ano ka, malaking bundok?
Magiging isa kang kapatagan sa harapan ni Zerubabel at
ilalabas niya ang itaas na bato upang sumigaw ng, “Biyaya!
Biyaya!”" 8 Dumating sa akin ang salita ni Yahweh: 9 “Ang
mga kamay ni Zerubabel ang naglatag sa pundasyon ng
tahanang ito at ang kaniyang mga kamay ang tatapos nito.
At malalaman mo na si Yahweh ng mga hukbo ang nagsugo
sa akin sa iyo. 10 Sino ang humamak sa araw ng mga
maliliit na bagay? Magagalak ang mga taong ito at makikita
ang pampantay na bato sa kamay ni Zerubabel. (Ang pitong
lamparang ito ang mga mata ni Yahweh na naglilibot sa
buong daigdig.)” 11 Pagkatapos, tinanong ko ang anghel.
“Ano itong dalawang puno ng olibo na nakatayo sa kaliwa
at sa kanan ng patungan ng lampara?” 12 Muli ko siyang
tinanong, “Ano ang dalawang sanga ng olibo na ito sa tabi ng
dalawang gintong tubo na may gintong langis na bumubuhos
mula sa mga ito? 13 “Hindi mo ba alam kung ano ang mga
ito?” At sinabi ko, “Hindi, aking panginoon.” 14 Kaya sinabi
niya, “Ito ang dalawang puno ng olibo na nakatayo upang
paglingkuran ang Panginoon ng buong daigdig.”

**5** Pagkatapos, lumingon ako at tumingala ako, at nakita
ko, masdan ito, nakakita ako ng isang lumilipad na
binalumbong kasulatan! 2 Sinabi sa akin ng anghel, “Ano ang
nakikita mo?” Sumagot ako, “Nakikita ko ang isang lumilipad
na binalumbong kasulatan, dalawampung siko ang haba at
sampung siko ang lawak.” 3 Pagkatapos, sinabi niya sa
akin, “Ito ang sumpa na darating sa ibabaw ng buong lupain,
sapagkat mula ngayon, aalisin ang bawat magnanakaw
batay sa sinasabi nito sa isang panig habang aalisin ang
lahat ng nangako ng isang hindi totoong panata batay sa
sinasabi nito sa kabilang panig, ayon sa kanilang mga
salita. 4 'Ipapadala ko ito' — ito ang pahayag ni Yahweh ng
mga hukbo, 'kaya papasok ito sa tahanan ng magnanakaw
at sa tahanan ng isang taong nangako ng hindi totoo sa
pamamagitan ng aking pangalan. Mananatili ito sa kaniyang

tahanan at tutupukin ang tabla at ang mga bato nito.'” 5
Pagkatapos, lumabas ang anghel na nakikipag-usap sa akin
at sinabi sa akin, “Tumingin ka sa taas at tingnan kung
ano ang dumarating!” 6 Sinabi ko, “Ano ito?” Sinabi niya,
“Isang basket ito na naglalaman ng efa na paparating. Ito
ang kanilang kasamaan sa buong lupain.” 7 Pagkatapos,
itinaas ang isang takip na tingga sa basket at may isang
babae sa ilalim nito na nakaupo sa loob nito! 8 Sinabi ng
anghel, “Kasamaan ito!” At itinapon niya ang babae pabalik
sa loob ng basket at itinapon niya ang takip na tingga sa
ibabaw nito. 9 Tumingala ako at nakita ko ang dalawang
babaeng papalapit sa akin at ang hangin ay nasa kanilang
mga pakpak—sapagkat may mga pakpak sila na tulad ng
mga pakpak ng isang tagak. Itinaas nila ang basket sa
pagitan ng lupa at langit. 10 Kaya sinabi ko sa anghel na
nakikipag-usap sa akin, “Saan nila dadalhin ang basket?” 11
Sinabi niya sa akin, “Itatayo ang isang templo sa lupain ng
Sinar para rito, upang kapag handa na ang templo, ilalagay
doon ang basket sa inihandang patungan nito.”

6 Pagkatapos, lumingon ako at tumingala, nakakita ako
ng apat na karwahe na palabas sa pagitan ng dalawang
bundok at gawa sa tanso ang dalawang bundok. 2 Ang unang
karwahe ay may mga pulang kabayo, ang pangalawang
karwahe ay may mga itim na kabayo, 3 ang pangatlong
karwahe ay may mga puting kabayo at ang pang-apat na
karwahe ay may mga batik na kulay abo na mga kabayo.
4 Kaya sumagot ako at sinabi sa anghel na kumausap sa
akin, “Ano ang mga ito, aking panginoon?” 5 Sumagot
ang anghel at sinabi sa akin, “Ito ang apat na hangin ng
langit na lumabas mula sa lugar kung saan sila nakatayo sa
harapan ng Panginoon ng buong daigdig. 6 Ang karwahe na
may mga itim na kabayo ay papunta sa hilagang bansa,
ang karwahe na may mga puting kabayo ay papunta sa
kanlurang bansa at ang karwahe na may mga batik na
kulay abo na mga kabayo ay papunta sa bansang timog.” 7
Lumabas ang mga malalakas na kabayong ito at hinangad
na pumunta at maglibot sa buong daigdig, kaya sinabi ng
anghel, “Humayo kayo at maglibot sa buong daigdig!” at
umalis sila patungo sa buong daigdig. 8 Pagkatapos, tinawag
niya ako, nagsalita at sinabi sa akin, “Tingnan mo ang mga
papunta sa bansang hilaga, pahupain nila ang aking espiritu
patungkol sa bansang hilaga. 9 Kaya dumating sa akin
ang salita ni Yahweh at sinabi, 10 “Kumuha ka ng isang
handog mula sa mga ipinatapon, mula kina Heldai, Tobias at
Jedaias. Pumunta ka rin sa araw na ito at dalhin mo ito sa
bahay ni Josias na anak ni Zefanias na dumating mula sa
Babilonia. 11 At kunin mo ang pilak at ginto, gumawa ka
ng isang korona at ilagay mo ito sa ulo ng pinakapunong
pari na si Josue na anak ni Jehozadak. 12 Kausapin mo
siya at sabihin, 'Sinasabi ito ni Yahweh ng mga hukbo: “Ang
lalaking ito, Sanga ang kaniyang pangalan! At lalago siya
kung nasaan siya at itatayo niya ang templo ni Yahweh! 13
Siya ang magtatayo ng templo ni Yahweh at magtataglay
ng karangyaan nito, uupo siya at maghahari sa kaniyang
trono. Siya ang magiging pari sa kaniyang trono at ang
pang-unawa sa kapayapaan ang iiral sa pagitan ng dalawa.
14 Ilalagay ang isang korona sa templo ni Yahweh upang
parangalan sina Heldai, Tobias at Jedaias at bilang pag-
alaala sa kabutihang-loob ng anak ni Zefanias. 15 At darating
ang mga nasa malayo at itatayo ang templo ni Yahweh,
kaya malalaman ninyo na ipinadala ako sa inyo ni Yahweh
ng mga hukbo, sapagkat mangyayari ito kung tunay kayong
nakinig sa tinig ni Yahweh na inyong Diyos!”'”

7 Nang apat na taon nang pinuno si Haring Dario, sa
ikaapat na araw ng Kislev (kung saan ito ang ikasiyam
na buwan), dumating kay Zacarias ang salita ni Yahweh.
2 Ipinadala ng mga tao ng Bethel sina Sarazer at Regem
Melec at ang kanilang mga tao upang humingi ng tulong kay
Yahweh. 3 Kinausap nila ang mga pari na nasa tahanan
ni Yahweh ng mga hukbo at ang mga propeta, sinabi nila,
“Dapat ba akong magdalamhati sa ikalimang buwan sa
pamamagitan ng pag-aayuno, gaya ng ginawa ko sa loob
ng maraming taon?” 4 Kaya dumating sa akin ang salita
ni Yahweh ng mga hukbo at sinabi, 5 “Magsalita ka sa
lahat ng tao sa lupa at sa mga pari, sabihin mo, 'Nang nag-
ayuno at nagdalamhati kayo sa ikalima at ikapitong buwan
sa loob ng pitumpung taon na ito, nag-aayuno ba talaga
kayo para sa akin? 6 At nang kumain at uminom kayo, hindi
ba kayo kumain at uminom para sa inyong mga sarili? 7
Hindi ba ito katulad ng mga salitang ipinahayag ni Yahweh
sa pamamagitan ng bibig ng mga naunang propeta, nang
naninirahan pa lamang kayo sa Jerusalem at sa karatig na
mga lungsod sa kasaganaan at namalagi sa Negeb at sa
mga paanan ng bundok sa kanluran?'” 8 Dumating ang
salita ni Yahweh kay Zacarias at sinabi, 9 “Ito ang sinasabi
ni Yahweh ng mga hukbo: 'Humatol nang may tunay na
katarungan, katapatan sa kasunduan at habag. Gawin ito ng
bawat lalaki para sa kaniyang kapatid na lalaki. 10 Tungkol
naman sa balo at ulila, ang dayuhan at ang mahirap na tao,
huwag silang apihin. At sa paggawa ng anumang masama sa
bawat isa, hindi kayo dapat magbalak ng anumang masama
sa inyong puso.' 11 Ngunit tumanggi silang magbigay ng
pansin at pinatigas ang kanilang mga balikat. Pinigilan nila
ang kanilang mga tainga upang hindi sila makarinig. 12
Ginawa nilang kasing tigas ng bato ang kanilang mga puso
upang hindi nila marinig ang kautusan o ang mga salita ni
Yahweh ng mga hukbo. Ipinadala niya ang mga mensaheng
ito sa mga tao sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu noong

unang panahon, sa pamamagitan ng bibig ng mga propeta.
Ngunit tumangging makinig ang mga tao, kaya nagalit sa
kanila si Yahweh ng mga hukbo. 13 Nangyari ito nang
tumawag siya, hindi sila nakinig. 'Sa ganoon ding paraan',
sabi ni Yahweh ng mga hukbo, 'tatawag sila sa akin ngunit
hindi ako makikinig. 14 Sapagkat ikakalat ko sila sa lahat ng
bansa na hindi pa nila nakikita sa pamamagitan ng ipu-ipo at
mapapabayaan ang lupain kapag wala na sila. Sapagkat
walang sinuman ang makakadaan sa lupain o makakabalik
dito yamang pinabayaan ng mga tao ang kanilang kaaya-
ayang lupain.'"

**8** Dumating sa akin ang salita ni Yaweh ng mga hukbo
at sinabi, 2 "Ito ang sinabi ni Yahweh ng mga hukbo:
'Madamdamin ako para sa Zion nang may matinding
kasigasigan, at madamdamin ako para sa kaniya nang may
matinding galit!' 3 Sinabi ito ni Yahweh ng mga hukbo:
'Babalik ako sa Zion at mananahan ako sa kalagitnaan ng
Jerusalem, sapagkat tatawaging Lungsod ng Katotohanan
ang Jerusalem at tatawaging Banal na Bundok ang bundok
ni Yahweh ng mga hukbo!'" 4 Sinabi ito ni Yahweh ng
mga hukbo: 'Muling magkakaroon sa mga lansangan
ng Jerusalem ng mga matatandang kalalakihan at mga
matatandang kababaihan at kakailanganin ng bawat tao
ang isang tungkod sa kaniyang kamay dahil napakatanda
na niya. 5 At mapupuno ang mga lansangan ng lungsod
ng mga batang lalaki at batang babaing naglalaro dito.'" 6
"Ito ang sinabi ni Yahweh ng mga hukbo: 'Kung may isang
bagay na hindi kapani-paniwala sa mga mata ng nalalabi
sa mga taong ito sa mga araw na iyon, hindi rin ba ito
kapani-paniwala sa aking mga mata?'" Ito ang pahayag ni
Yahweh. 7 "Ito ang sinabi ni Yahweh ng mga hukbo: 'Masdan
ninyo, malapit ko ng iligtas ang aking mga tao mula sa
lupaing sinisikatan ng araw at mula sa lupaing linulubugan
ng araw! 8 Sapagkat ibabalik ko sila at maninirahan sila sa
kalagitnaan ng Jerusalem, kaya muli silang magiging aking
mga tao at ako ang magiging Diyos nila sa katotohanan at
sa katuwiran!'" 9 Ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo:
Kayong ngayong nagpapatuloy sa pakikinig sa mga salita
na nagmumula sa mga bibig ng mga propeta nang inilatag
ang pundasyon ng aking tahanan— itong aking tahanan na
Yahweh ng mga hukbo: Palakasin ninyo ang inyong mga
kamay upang maitayo ang templo. 10 Sapagkat bago pa ang
mga araw na iyon, walang pananim na naipon ang sinuman;
walang pakinabang maging para sa mga tao o hayop. At
walang kapayapaan mula sa mga kaaway para sa sinumang
umaalis o dumarating. Itinakda ko ang bawat tao laban sa
kaniyang kapwa. 11 Ngunit ngayon, hindi na ito tulad ng
naunang mga araw, sasamahan ko ang mga nalalabi sa
mga taong ito!'" Ito ang pahayag ni Yahweh ng mga hukbo.
12 "'Sapagkat maihahasik ang mga butil ng kapayapaan.
Mamumunga ang umaakyat na baging ng ubas at ibibigay
ng lupain ang ani nito. Ibibigay ng kalangitan ang hamog
nito, sapagkat ipapamana ko ang lahat ng mga bagay na
ito sa nalalabing mga taong ito. 13 Isa kayong halimbawa
ng sumpa sa ibang mga bansa, sambahayan ng Juda at
sambahayan ng Israel. Ngunit ngayon, ililigtas ko kayo, at
pagpapalain kayo. Huwag kayong matakot; palakasin ninyo
ang inyong mga kamay!'" 14 "Sapagkat ito ang sinasabi ni
Yahweh ng mga hukbo:' Gaya ng aking binalak na saktan
kayo nang galitin ako ng inyong mga ninuno at hindi ako
naglubag ng loob,' sinabi ni Yahweh ng mga hukbo, 15 kaya
binabalak ko rin sa mga panahong ito na muling gumawa ng
mabuti sa Jerusalem at sa sambahayan ng Juda! Huwag
kayong matakot! 16 Ito ang mga bagay na dapat ninyong
gawin: Magsabi ang bawat tao ng katotohanan sa kaniyang
kapwa. Humatol nang may katotohanan, katarungan, at
kapayapaan sa inyong mga tarangkahan. 17 At huwag
hayaan ang sinuman sa inyo na magbalak ng masama sa
inyong puso laban sa inyong kapwa, ni maakit sa mga hindi
totoong panunumpa, sapagkat kinamumuhian ko ang lahat
ng mga bagay na ito!'" Ito ang pahayag ni Yahweh. 18
At dumating sa akin ang salita ni Yahweh ng mga hukbo
at sinabi, 19 "Ito ang sinabi ni Yahweh ng mga hukbo:
'Ang mga pag-aayuno sa ika-apat na buwan, sa ika-limang
buwan, sa ika-pitong buwan, at sa ika-sampung buwan ay
magiging panahon ng kagalakan, kasiyahan, at masayang
pagdiriwang para sa sambahayan ng Juda! Kaya ibigin ang
katotohanan at kapayapaan!'" 20 "Ito ang sinabi ni Yahweh
ng mga hukbo: 'Muling darating ang mga tao, maging ang
mga naninirahan sa iba't ibang mga lungsod. 21 Pupunta
ang mga naninirahan sa isang lungsod patungo sa ibang
lungsod at sasabihin, "Magmadali tayong pumunta upang
humingi ng tulong kay Yahweh at upang hanapin si Yahweh
ng mga hukbo! Pupunta rin kami mismo."' 22 Darating ang
maraming tao at malalakas na mga bansa upang hanapin si
Yahweh ng mga hukbo sa Jerusalem at hihingi ng tulong
kay Yahweh!" 23 Ito ang sinasabi ni Yahweh ng mga hukbo:
'Sa mga panahong iyon, sampung kalalakihan mula sa
bawat wika at bansa ang hahawakan nang mahigpit ang
laylayan ng iyong balabal at sasabihin, "Sasama kami sa
iyo, sapagkat narinig namin na kasama mo ang Diyos!"'"

**9** Ito ay isang pahayag na salita ni Yahweh tungkol sa
lupain ng Hadrac at Damasco. Sapagkat nasa buong
sangkatauhan ang mata ni Yahweh at sa lahat din ng tribo
ng Israel. 2 Ang pahayag na ito ay tungkol din sa Hamat,
kung saan nasa Damasco ang mga hangganan, at tungkol
din ito sa Tiro at Sidon, bagaman napakatalino nila. 3
Nagtayo ang Tiro ng sarili nitong matibay na tanggulan at

nagbunton ng pilak tulad ng alabok at nilinang na ginto
tulad ng putik sa mga lansangan. 4 Masdan ninyo! Aalisin
siya ng Panginoon at wawasakin ang kaniyang kalakasan
sa dagat, upang lalamunin siya ng apoy. 5 Makikita ng
Ascalon at matatakot! Labis din na manginginig ang Gaza!
Mabibigo ang pag-asa ng Ekron! Mamamatay ang hari
mula sa Gaza at wala nang maninirahan sa Ascalon! 6
Sinabi ni Yahweh, “Gagawa ang mga dayuhan ng kanilang
mga tahanan sa Asdod at aalisin ko ang kayabangan ng
mga Filisteo. 7 Sapagkat aalisin ko mula sa kanilang mga
bibig ang kanilang dugo at ang kanilang mga kasuklam-
suklam mula sa pagitan ng kanilang mga ngipin." At sila ang
malalabi para sa ating Diyos tulad ng isang angkan sa Juda,
at magiging katulad ng mga Jebuseo ang Ekron. 8 Sinasabi
ni Yahweh, "Magtatayo ako ng kampo sa palibot ng aking
lupain laban sa mga hukbo ng kaaway kaya walang sinuman
ang makadadaan o makakabalik, sapagkat walang mapang-
api ang makadadaan dito kailanman. Sapagkat ngayon,
babantayan ko na ang aking lupain sa pamamagitan ng
aking sariling mga mata! 9 Sumigaw ka nang may labis na
kagalakan, anak na babae ng Zion! Sumigaw ka nang may
kasiyahan, anak na babae ng Jerusalem! Masdan ninyo!
Parating sa inyo ang inyong hari nang may katuwiran at
ililigtas kayo. Mapagpakumbaba at sasakay siya sa isang
asno, sa anak ng isang asno. 10 At aalisin ko ang karwahe
mula sa Efraim at ang kabayo mula sa Jerusalem at aalisin
ang pana mula sa digmaan; sapagkat magsasalita siya ng
kapayapaan sa mga bansa at mula sa bawat dagat ang
kaniyang pamamahala at mula sa Ilog hanggang sa mga
dulo ng daigdig! 11 At kayo, dahil sa dugo ng aking tipan
sa inyo, pinalaya ko ang inyong mga bilanggo mula sa
hukay kung saan walang tubig. 12 Bumalik kayo sa matibay
na tanggulan, mga bilanggo ng pag-asa! Kahit ngayon,
ihahayag ko na babalik ako ng dalawang beses sa inyo, 13
sapagkat binaluktot ko ang Juda bilang aking pana. Pinuno
ko ang aking talanga ng palaso sa pamamagitan ng Efraim.
Zion, ginising ko ang iyong mga anak na lalaki laban sa
iyong mga anak na lalaki, Grecia, at ikaw Zion, ginawa kitang
tulad ng espada ng isang mandirigma!" 14 Magpapakita sa
kanila si Yahweh at ipapana ang kaniyang palaso tulad ng
kidlat! Sapagkat hihipan ng aking Panginoong Yahweh ang
trumpeta at mauuna siya sa mga bagyo mula sa Teman. 15
Ipagtatanggol sila ni Yahweh ng mga hukbo at lilipulin nila
sila at tatalunin ang mga bato ng mga tirador. Pagkatapos,
iinom sila at sisigaw tulad ng mga kalalakihang lasing sa alak
at mapupuno sila ng alak tulad ng mga mangkok sa altar,
tulad ng mga sulok ng altar. 16 Kaya, ililigtas sila ni Yahweh
na kanilang Diyos sa araw na iyon, magiging katulad sila
ng isang kawan na kinabibilangan ng kaniyang mga tao,
sapagkat magiging mga hiyas sila ng isang korona, na itinayo
sa ibabaw ng kaniyang lupain. 17 Magiging napakabuti at
napakaganda nila! Uunlad sa trigo ang mga kabataang lalaki
at mga birhen sa matamis na alak!

**10** Humingi kayo ng ulan kay Yahweh sa panahon ng tag-
ulan ng tagsibol —Si Yahweh na siyang gumagawa
ng bagyo! — at ipagkakaloob niya ang pagbuhos ng ulan
para sa kanila, at sa mga pananim sa kabukiran para sa
sangkatauhan. 2 Sapagkat nagsasabi ng kasinungalingan
ang mga diyus-diyosang nasa sambahayan; nagsasabi ang
mga manghuhula ng pangitaing kasinungalingan; nagsabi
sila ng mga mapanlinlang na mga panaginip at nagbibigay
ng aliw na walang kabuluhan. Kaya naliligaw sila na kagaya
ng tupa at nagdurusa dahil walang pastol. 3 Nagliliyab
ang aking poot laban sa mga pastol; ito ay ang mga
lalaking kambing—ang mga pinuno— na aking parurusahan.
Aalagaan din ni Yahweh ng mga hukbo ang kaniyang kawan,
ang sambahayan ni Juda, at gagawin silang kagaya ng
kabayong pandigma sa labanan! 4 Magmumula sa kanila ang
panulukang bato, magmumula sa kanila ang tulos ng tolda,
magmumula sa kanila ang panang pandigma; magmumula
sa kanila ang bawat pinuno. 5 Magiging kagaya sila ng
mga mandirigmang tinatapakan ang kanilang mga kaaway
sa maputik na mga daan sa labanan; makikipagdigma sila
sapagkat nasa kanila si Yahweh, at ipahihiya nila ang mga
nakasakay sa mga kabayong pandigma. 6 Palalakasin ko
ang sambahayan ni Juda at ililigtas ang sambahayan ni
Jose; sapagkat panunumbalikin ko sila at magkakaroon ako
ng awa sa kanila. Parang hindi ko sila itinakwil, sapagkat
Ako si Yahweh ang kanilang Diyos, at ako ay tutugon sa
kanila. 7 At magiging katulad ng isang mandirigma ang
Efraim, at magagalak ang kanilang mga puso na parang
nakainom ng alak; makikita ito ng kanilang mga anak at sila
ay magagalak. Magagalak ang kanilang mga puso sa akin.
8 Sisipulan ako sa sila at titipunin, sapagkat sasagipin ko sila
at magiging napakarami nila kagaya ng dati. 9 Inihasik ko sila
sa mga tao ngunit naalala parin nila ako sa malayong mga
bansa. Kaya sila at ang kanilang mga anak ay mabubuhay
at makakabalik. 10 Sapagkat panunumbalikin ko muli sila
mula sa lupain ng Egipto at titipunin sila mula sa Asiria,
dadalhin ko sila sa lupain ng Gilead at Lebanon hanggang
sa wala nang silid para sa kanila. 11 Dadaan ako sa dagat
ng kanilang kadalamhatian; hahampasin ko ang mga alon
sa dagat at patutuyuin ko ang lahat ng kalaliman ng Nilo.
Babagsak ang karangyan ng Asiria. At ang kapangyarihan
ng setro ng Egipto ay mawawala mula sa mga taga Egipto.
12 Palalakasin ko sila sa aking sarili, at lalakad sila ayon sa
aking pangalan. Ito ang pahayag ni Yahweh.

**11** Buksan mo ang iyong mga pintuan Lebanon, upang
tupukin ng apoy ang iyong mga sedar! 2 Managhoy
kayong mga puno ng sipres, sapagkat nabuwal na ang
mga puno ng sedar! Ang dating karangyaan ay ganap nang
nawasak. Managhoy kayo, mga ensina ng Bashan, sapagkat
bumagsak na ang matatag na kagubatan. 3 Humahagulgol
ang mga pastol sapagkat nawasak na ang kanilang
kaluwalhatian. Ang tinig ng batang leon ay umaatungal
sapagkat ganap nang nawasak ang ipinagmamalaki ng
Ilog Jordan! 4 Ito ang sinabi ni Yahweh na aking Diyos:
"Katulad ng isang pastol na nagbabantay sa mga kawan na
nakatalaga para katayin. 5 (Ang sinumang bumili at kumatay
sa mga ito ay hindi maparurusahan, at sasabihin ng mga
nagbenta sa mga ito 'Purihin si Yahweh! Ako ay naging
mayaman! Sapagka't walang awa sa kanila ang mga pastol
na nagtatrabaho para sa kawan ng may ari.) 6 Sapagkat
hindi na ako maaawa sa mga naninirahan sa lupain!" —Ito
ang pahayag ni Yahweh" Tingnan mo! Ako mismo ang
magpapasakamay ng bawat tao sa mga kamay ng kaniyang
kapwa at sa mga kamay ng kaniyang hari. Wawasakin nila
ang lupain. Hindi ko sasagipin ang Juda mula sa kanilang
kamay." 7 Kaya ako ang naging pastol ng mga kawan na
itinalaga upang katayin, para sa mga nagbebenta ng tupa.
Kumuha ako ng dalawang tungkod; ang isang tungkod ay
tinawag kong "Kagandahang loob" at ang isa ay tinawag
kong "Pagkakaisa." Sa ganitong paraan ko ipapastol ang
mga kawan. 8 Pinatay ko ang tatlong pastol sa loob ng
isang buwan, at napagod na ako sa mga may-ari ng tupa,
sapagkat kinasuklaman din nila ako. 9 At sinabi ko sa mga
may-ari, "Hindi na ako makapagtatagal na magtatrabaho
sa inyo bilang isang pastol. Ang mga tupang namamatay
hayaan silang mamatay; ang mga tupang napapahamak
hayaan silang mapahamak. Hayaan ang mga naiwang tupa
na kakainin ang laman ng kanilang kapwa." 10 Kaya kinuha
ko ang aking tungkod ng "Kagandahang loob" at binali ito
upang baliin ang kasunduan na aking ginawa sa lahat ng
aking mga tribu. 11 Sa araw na iyon ang kasunduan ay
nabali, at nalaman ng mga nagtitinda ng tupa at ng mga
nanonood sa akin na si Yahweh ang nagsasabi. 12 Sinabi
ko sa kanila na "Kung sa palagay ninyong makakabuti sa
inyo, bayaran ninyo ang aking sahod. Ngunit kung hindi,
huwag ninyong gawin ito."Kaya tinimbang nila ang aking
sahod, tatlumpung piraso ng pilak. 13 Pagkatapos sinabi ni
Yahweh sa akin, "ilagay mo ang pilak sa kabang-yaman, ang
pinakamahusay na halaga na halagang ibinigay nila sa iyo!"
Kaya kinuha ko ang tatlumpung piraso ng pilak at inilagay ko
sa kabang-yaman sa tahanan ni Yahweh. 14 Pagkatapos
binali ko ang aking pangalawang tungkod ng "Pagkakaisa,"
upang baliin ang pagkakapatiran sa pagitan ng Juda at
Israel. 15 Sinabi sa akin ni Yahweh, "Muli, kunin mo ang mga
kagamitan ng isang hangal na pastol para sa iyong sarili. 16
Sapagkat tingnan mo, magtatalaga ako ng isang pastol sa
lupain, hindi niya pangangalagaan ang mga napapahamak
na tupa. Hindi niya hahanapin ang nawawalang tupa o
gagamutin man ang mga pilay na tupa. Hindi niya pakakainin
ang malusog na tupa, ngunit kakainin niya ang laman ng
mga pinatabang tupa at tinatanggal ang kanilang mga kuko.
17 Aba sa mga walang kabuluhang pastol na pinapabayaan
ang kawan! Dumating nawa ang espada laban sa kaniyang
braso at sa kaniyang kanang mata. Matutuyo nawa ang
kaniyang braso at mabubulag nawa ang kaniyang kanang
mata!"

**12** Ito ang pahayag ng salita ni Yahweh tungkol sa
Israel— ang pahayag ni Yahweh na siyang lumikha ng
kalangitan at nagtatag sa pundasyon ng mundo, siya na
lumalang sa espiritu ng sangkatauhan sa loob ng tao: 2
"Tingnan mo, gagawin kong isang tasa ang Jerusalem na
magdudulot sa lahat ng mga taong nakapalibot sa kaniya
para magpasuray-suray; magiging ganito rin ang Juda sa
panahon ng paglusob laban sa Jerusalem. 3 Mangyayari ito
sa panahong iyon na gagawin kong mabigat na bato ang
Jerusalem para sa lahat ng mga tao. Ang sinumang sumubok
na magbuhat sa batong iyon ay labis niyang masasaktan ang
kaniyang sarili, at magsasama-sama laban sa lungsod na
iyon ang lahat ng mga bansa sa mundo. 4 Ito ang pahayag
ni Yahweh"— Sa araw na iyon, hahampasin ko ng malaking
pagkatakot ang bawat kabayo at ng pagkabaliw ang bawat
mangangabayo. Titingin ako ng may kagandahang-loob
sa sambahayan ng Juda at bubulagin ang bawat kabayo
ng mga hukbo. 5 At sasabihin ng mga pinuno ng Juda sa
kanilang mga puso, 'Ang mga naninirahan sa Jerusalem
ang aming kalakasan dahil kay Yahweh ng mga hukbo, na
kanilang Diyos.' 6 Sa araw na iyon, gagawin kong parang
paglutuan sa gitna ng panggatong ang mga pinuno ng Juda
at parang umaapoy na sulo sa gitna ng mga nakatayong
ginapas na mga trigo, sapagkat tutupukin nila ang lahat ng
mga taong nakapalibot sa kanilang kanan at sa kanilang
kaliwa. Muling mamumuhay ang Jerusalem sa kanilang
sariling lugar. " 7 Unang ililigtas ni Yahweh ang mga tolda ng
Juda, upang ang karangalan ng sambahayan ni David at
ang karangalan ng mga naninirahan sa Jerusalem ay hindi
magiging higit kaysa sa buong Juda. 8 Sa araw na iyon si
Yahweh ang magiging taga-pagtanggol ng mga naninirahan
sa Jerusalem, at sa araw na iyon ang mga mahihina sa
kanila ay magiging tulad ni David, habang ang sambahayan
ni David ay magiging tulad ng Diyos, tulad ng anghel ni
Yahweh sa harapan nila. 9 "Mangyayari ito sa araw na
iyon na sisimulan kong wasakin ang lahat ng bansa na

dumating laban sa Jerusalem.” 10 Ngunit ibubuhos ko ang
espiritu ng pagkahabag at pagsusumamo sa sambahayan ni
David at sa mga naninirahan sa Jerusalem, kaya titingin sila
sa akin, na kanilang sinaksak. Tatangis sila para sa akin,
gaya ng isang tumatangis para sa nag-iisang anak na lalaki;
Mananaghoy sila nang may kapaitan para sa kaniya tulad ng
mga nananaghoy sa pagkamatay ng panganay na anak na
lalaki. 11 Sa araw na iyon ang mga panaghoy sa Jerusalem
ay magiging katulad ng mga panaghoy sa Hagad-rimon sa
kapatagan ng Megido. 12 Ang lupain ay tatangis, ang bawat
angkan ay hiwalay mula sa ibang mga angkan. Ang angkan
ng sambahayan ni David ay ihihiwalay, at ang kanilang mga
asawa ay ihihiwalay mula sa mga lalaki. Ang angkan ng
sambahayan ni Nathan ay ihihiwalay, at ang kanilang mga
asawang babae ay ihihiwalay sa mga lalaki. 13 Ang angkan
ng sambahayan ni Levi ay ihihiwalay, at ang kanilang mga
asawang babae ay ihihiwalay sa mga lalaki. 14 Lahat ng
natitirang mga angkan— ang bawat angkan ay ihihiwalay, at
ang kanilang mga asawang babae ay ihihiwalay sa mga
lalaki.”

**13** “Sa araw na iyon, isang bukal ang bubuksan para
sa sambahayan ni David at sa mga naninirahan sa
Jerusalem, para sa kanilang kasalanan at karumihan. 2
At mangyayari ito sa araw na iyon, “—ito ang pahayag
ni Yahweh ng mga hukbo—”na tatanggalin ko ang mga
pangalan ng mga diyus-diyosan mula sa lupain upang
hindi na sila maalala kailanman. Palalabasin ko rin sa
lupain ang mga bulaang propeta at ang kanilang maruming
espiritu. 3 Kung magpapatuloy sa pagpapahayag ang
sinuman, sasabihin sa kaniya ng kaniyang ama at ina na
siyang nagsilang sa kaniya, 'Hindi ka mabubuhay, sapagkat
nagsalita ka ng kasinungalingan sa pangalan ni Yahweh!' At
ang ama at ina na siyang nagsilang sa kaniya ang sasaksak
sa kaniya kapag magpapahayag siya. 4 At mangyayari
ito sa araw na iyon na ang bawat propeta ay ikakahiya
ang kaniyang pangitain kapag siya ay magpapahayag na.
Ang mga propetang ito ay hindi na magsusuot kailanman
ng mabalahibong balabal, upang linlangin ang mga tao. 5
Sapagkat sasabihin ng bawat isa, 'Hindi ako isang propeta!
Isa akong lalaking nagtatrabaho sa lupa, sapagkat ang lupa
ay naging trabaho ko na nang ako ay binata pa lamang!' 6
Ngunit may isang magsasabi sa kaniya, 'Ano ang mga sugat
na ito sa pagitan ng iyong mga braso?' at sasagot siya, 'Ako
ay nasugatan nang nasa bahay ako ng aking mga kaibigan.'”
7 “Espada! Gisingin mo ang iyong sarili labanan mo ang
aking pastol, ang lalaki na nakatayo ng malapit sa akin” —Ito
ang pahayag ni Yahweh ng mga hukbo.” Patayin ang pastol,
at ang kawan ay magkakawatak-watak! Sapagkat ipipihit ko
ang aking kamay laban sa mga mahihina. 8 At mangyayari
ito sa buong lupain”— ito ang pahayag ni Yahweh— “na ang
dalawa sa tatlong bahagi nito ay mahihiwalay! Ang mga
taong iyon ay mamatay; ang ikatlong bahagi lamang ang
mananatli doon. 9 Dadalhin ko ang ikatlong bahaging iyon
sa apoy at dadalisayin ang mga ito na gaya ng pagdalisay sa
pilak; susubukin ko sila gaya ng pagsubok sa ginto. Tatawag
sila sa aking pangalan, at sasagutin ko sila at sasabihin, 'Ito
ay aking mga tao!' at sasabihin nila, 'Si Yahweh ay aming
Diyos!”

**14** Masdan ninyo! Darating ang araw para kay Yahweh na
hahatiin ang iyong sinamsam sa inyong kalagitnaan! 2
Sapagkat titipunin ko ang bawat bansa laban sa Jerusalem
para sa isang labanan, at masasakop ang lungsod!
Sasamsamin ang mga tahanan at gagawan ng karahasan
ang mga kababaihan. Bibihagin ang kalahati ng lungsod,
ngunit ang mga matitirang tao ay hindi pupuksain mula
sa lungsod. 3 Ngunit lalabas si Yahweh at magtataguyod
ng digmaan laban sa mga bansang iyon gaya nang
pagtataguyod niya ng digmaan sa panahon ng labanan. 4
Sa araw na iyon, tatayo ang kaniyang mga paa sa Bundok
ng mga Olibo, na nasa tabi ng Jerusalem sa silangan. Ang
Bundok ng mga Olibo ay mahahati sa pagitan ng silangan at
ng kanluran sa pamamagitan ng isang napakalaking lambak,
at kalahati ng bundok ay maililipat sa dakong hilaga at ang
kalahati sa dakong timog. 5 At kayo ay magsisitakas pababa
sa lambak sa pagitan ng mga kabundukan ni Yahweh,
sapagkat ang lambak sa pagitan ng mga bundok na iyon ay
aabot hanggang sa Azal. Tatakas kayo gaya ng pagtakas
ninyo mula sa lindol sa panahon ni Uzias, hari ng Juda.
Pagkatapos, darating si Yahweh na aking Diyos, at kasama
niya ang lahat ng mga banal. 6 Mangyayari ito sa araw
na iyon na hindi na magkakaroon ng liwanag, ngunit wala
nang lamig o ni tubig na namumuo sa lamig. 7 Sa araw
na iyon, ang araw na si Yahweh lamang ang nakakaalam,
hindi na magkakaroon ng umaga o gabi, sapagkat magiging
maliwanag sa oras ng gabi. 8 At mangyayari din sa araw
na iyon na ang umaagos na tubig ay dadaloy mula sa
Jerusalem. Dadaloy ang kalahati ng tubig sa dagat sa
silangan, at dadaloy ang kalahati sa dagat sa kanluran, tag-
araw man o taglamig. 9 Si Yahweh ang magiging hari sa
buong mundo. Sa araw na iyon, naroon si Yahweh, ang
nag-iisang Diyos, at ang kaniyang pangalan lamang. 10
Magiging katulad ng Araba ang lahat ng lupain, mula Geba
hanggang Rimmon sa timog ng Jerusalem. At patuloy na
maitataas ang Jerusalem; mamumuhay siya sa kaniyang
sariling lugar, mula sa Tarangkahan ng Benjamin hanggang
sa dating kinaroroonan ng unang tarangkahan—na ngayon
ay Tarangkahan sa Sulok, at mula sa tore ng Hananel
hanggang sa mga pisaan ng ubas ng hari. 11 Maninirahan

sa Jerusalem ang mga tao, at hindi na magkakaroon ng
lubusang pagkawasak mula sa Diyos laban sa kanila;
Mamumuhay ng ligtas ang Jerusalem. **12** Ito ang magiging
salot na gagamitin ni Yahweh upang lusubin ang lahat ng
tao na nakipagdigma laban sa Jerusalem, mabubulok ang
kanilang laman kahit na nakatayo sila sa kanilang mga
paa. Mabubulok ang kanilang mga mata sa mga ukit nito,
at mabubulok ang kanilang mga dila sa loob ng kanilang
mga bibig. **13** Mangyayari ito sa araw na iyon na ang
lubhang pagkatakot na magmumula sa Diyos ay darating sa
kanila. Susunggaban ng bawat tao ang kamay ng kaniyang
kapwa; bawat kamay ay laban sa kaniyang kapwa. **14**
Makikipaglaban din ang Juda sa Jerusalem. Titipunin nila
ang lahat ng kayamanan ng mga karatig bansa— ginto,
pilak, at mga magagandang kasuotan na talagang sagana.
**15** Magkakaroon din ng salot ang mga kabayo at ang mga
mola, ang mga kamelyo at mga asno, at ang bawat hayop
na naroon sa mga kampamentong iyon; dadanasin din ng
mga ito ang parehong salot. **16** At mangyayari na lahat
ng mananatili sa mga bansang iyon na nakipaglaban sa
Jerusalem ay aakyat taun-taon upang sumamba sa hari,
kay Yahweh ng mga hukbo, at upang ipagdiwang ang Pista
ng mga Tolda. **17** At mangyayari na kung hindi aakyat sa
Jerusalem ang sinuman mula sa lahat ng bansa sa mundo
upang sumamba sa hari, kay Yahweh ng mga hukbo, hindi
magbibigay ng ulan si Yahweh sa kanila. **18** At kung ang
bansa ng Egipto ay hindi aakyat, hindi sila magkakaroon ng
ulan. Isang salot na magmumula kay Yahweh ang lulusob sa
mga bansang hindi aakyat upang ipagdiwang ang Pista ng
mga Tolda. **19** Ito ang magiging parusa sa Egipto at ang
parusa sa bawat bansa na hindi aakyat upang ipagdiwang
ang Pista ng mga Tolda. **20** Ngunit sa araw na iyon, sasabihin
ng mga kampanilya ng mga kabayo, “Naitalaga kay Yahweh,”
at ang mga palanggana sa tahanan ng Diyos ay magiging
tulad ng mangkok sa harap ng altar. **21** Sapagkat itatalaga
kay Yahweh ng mga hukbo ang bawat palayok sa Jerusalem
at Juda, at ang bawat isa na magdadala ng alay ay kakain
at magpapakulo sa mga ito. Hindi na magkakaroon ng
mangangalakal sa tahanan ni Yahweh ng mga hukbo sa
araw na iyon.

# Malakias

**1** Ang pagpapahayag ng salita ni Yahweh para sa Israel
sa pamamagitan ng kamay ni Malakias. **2** “Inibig ko
kayo,” sinabi ni Yahweh. Ngunit sinabi ninyo, “Paano mo
kami inibig?” “Hindi ba kapatid ni Jacob si Esau?” ang
pahayag ni Yahweh. “Gayon pa man, inibig ko si Jacob **3**
ngunit kinamuhian ko si Esau. Ginawa kong wasak na lugar
ang kaniyang mga bundok at ginawa kong lugar ng mga
asong gubat sa ilang ang kaniyang mga mana.” **4** Kung
sasabihin ng Edom, “Pinabagsak tayo ngunit ibabalik at
itatayo natin ang mga nawasak;” Sinabi ni Yahweh ng mga
hukbo, “Itatayo nila ngunit pababagsakin ko; at tatawagin sila
ng mga tao, 'Ang bansa ng kasamaan', at 'Ang mga taong
kinapopootan ni Yahweh magpakailanman.'” **5** Makikita ito ng
sarili ninyong mga mata at sasabihin ninyo, “Dakila si Yahweh
sa kabila ng mga hangganan ng Israel.” **6** “Pinararangalan
ng isang anak ang kaniyang ama at pinararangalan ng
isang lingkod ang kaniyang panginoon. At kung isa nga
akong Ama, nasaan ang aking karangalan? At kung isa
akong panginoon, nasaan ang paggalang para sa akin?
Nagsasalita sa inyo si Yahweh ng mga hukbo, mga paring
humamak sa aking pangalan. Ngunit sinabi ninyo, 'Paano
namin hinamak ang iyong pangalan?' **7** Sa pamamagitan ng
paghahandog ng maruming tinapay sa aking altar. At sinabi
ninyo, 'Paano ka namin dinungisan?' Sa pamamagitan ng
pagsasabing maaaring hamakin ang hapag ni Yahweh. **8**
Kapag naghahandog kayo ng mga hayop na bulag para sa
pag-aalay, hindi ba masama iyon? At kapag naghahandog
kayo ng pilay at may sakit, hindi ba masama iyon? Ihandog
ninyo iyan sa inyong gobernador, tatanggapin pa ba niya
kayo o haharapin pa ba niya kayo?” sinabi ni Yahweh ng
mga hukbo. **9** At ngayon, sinusubukan ninyong humingi ng
tulong sa Diyos upang maaari siyang mahabag sa atin. “Sa
mga ganitong handog ninyo, tatanggapin pa ba niya kayo?”
sabi ni Yahweh ng mga hukbo. **10** “O, kung may isa man
sa inyo ang maaaring magsara ng mga tarangkahan ng
templo upang hindi kayo makapagsindi ng apoy sa aking
altar nang walang kabuluhan! Hindi ako nalulugod sa inyo,”
sabi ni Yahweh ng mga hukbo, “at hindi ko tatanggapin ang
anumang handog mula sa inyong kamay. **11** Sapagkat mula
sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog nito, magiging
dakila ang aking pangalan sa mga bansa; sa bawat lugar na
ihahandog ang insenso para sa aking pangalan at maging
ang dalisay na handog. Sapagkat magiging dakila ang
aking pangalan sa mga bansa,” sabi ni Yahweh ng mga
hukbo. **12** “Ngunit nilalapastangan ninyo ito nang sabihin
ninyong marumi ang hapag ng Panginoon at ang mga prutas
nito, dapat hamakin ang pagkain nito. **13** Sinabi rin ninyo,
'Nakakapagod na ito,' at pasinghal ninyo itong hinamak,”
sabi ni Yahweh ng mga hukbo. “Dinadala ninyo kung ano
ang kinuha ng isang mabangis na hayop o ang pilay o may
sakit; at dinala ninyo ito bilang inyong mga handog! Dapat ko
ba itong tanggapin mula sa inyong kamay?” sabi ni Yahweh.
**14** “Sumpain ang mandaraya na may isang lalaking hayop sa
kaniyang kawan at nangakong ibibigay ito sa akin at gayon
pa man inihandog sa akin, ang Panginoon, kung ano ang
may kapintasan, sapagkat isa akong dakilang Hari,” sabi ni
Yahweh ng mga hukbo, “at kinakatakutan ng mga bansa ang
aking pangalan.”

**2** At ngayon, kayong mga pari, ang utos na ito ay para
sa inyo. **2** Sabi ng Diyos ng mga hukbo, “Kung hindi
kayo makikinig at kung hindi ninyo ito tatanggapin sa inyong
puso upang bigyan nang kaluwalhatian ang aking pangalan,”
magpapadala ako ng sumpa sa inyo at susumpain ko ang
inyong mga biyaya. Sa katunayan, sinumpa ko na sila, dahil
hindi ninyo tinanggap sa inyong puso ang aking kautusan.
**3** Tingnan ninyo, sasawayin ko ang inyong kaapu-apuhan
at ipapahid ko ang dumi sa inyong mga mukha, ang dumi
ng inyong mga inalay at alisin kayo kasama nito. **4** At
malalaman ninyo na ipinadala ko ang utos na ito sa inyo
at upang manatili ang aking kasunduan kay Levi,” sabi ni
Yahweh ng mga hukbo. **5** Ang aking kasunduan sa kaniya ay
isang buhay at kapayapaan at ibinigay ko ang mga bagay na
ito sa kaniya bilang mga bagay na magpaparangal sa akin.
Pinarangalan niya ako, natakot at nagpakababa sa aking
pangalan. **6** Ang totoong katuruan ay nasa kaniyang mga
bibig at ang kasamaan ay hindi masumpungan sa kaniyang
mga labi. Kasama ko siyang lumakad sa kapayapaan at
katuwiran at inilayo niya ang marami mula sa kasalanan. **7**
Sapagkat ang labi ng pari ay dapat ingatan ang kaalaman at
dapat sumangguni ang mga tao ng tagubilin sa kaniyang
bibig, sapagkat siya ang aking mensahero, ako si Yahweh
ng mga hukbo. **8** Ngunit lumihis kayo mula sa totoong daan.
Nagdulot kayo ng pagkatisod ng marami sa paggalang
sa kautusan. Sinira ninyo ang kasunduan ni Levi,” sabi ni
Yahweh ng mga hukbo. **9** “Bilang kapalit, gagawin ko rin
kayong kalait-lait at kahiya-hiya sa harapan ng lahat ng mga
tao, dahil hindi ninyo iningatan ang aking mga pamamaraan,
ngunit sa halip ay ipinakita ninyo na may pinapanigan kayo
sa inyong pagtuturo.” **10** Hindi ba lahat tayo ay may isang
ama? Hindi ba iisang Diyos ang lumikha sa atin? Bakit tayo
nakikitungo nang may pandaraya laban sa ating kapatid,
na nilalapastangan ang kasunduan ng ating mga ama? **11**
Gumawa nang pandaraya ang Juda at kasuklam-suklam na
mga bagay ang ginawa sa Israel at sa Jerusalem. Sapagkat
nilapastangan ng Juda ang banal na lugar ni Yahweh na
kaniyang iniibig at napangasawa niya ang anak na babae

ng isang dayuhang diyus-diyosan. 12 Ihiwalay nawa ni
Yahweh mula sa mga tolda ang sinumang kaapu-apuhan
ng taong gumawa nito, kahit na ang isang nagdadala ng
alay kay Yahweh ng mga hukbo. 13 At ginawa rin ninyo ito.
Tinakpan ninyo ng mga luha ang altar ni Yahweh, nang may
pagtatangis at paghihinagpis, dahil hindi na siya sumasang-
ayon na tingnan ang alay at hindi niya ito tinatanggap nang
may kaluguran mula sa inyong kamay. 14 Ngunit sinasabi
ninyo, “Bakit ayaw niya?” Sapagkat saksi si Yahweh sa
pagitan mo at sa asawa ng inyong kabataan na pinagtaksilan
mo, kahit na kasama mo siya at asawa mo sa pamamagitan
ng kasunduan. 15 Hindi ba ginawa kayong iisa nang may
bahagi ng kaniyang espiritu? At bakit niya kayo ginawang
iisa? Dahil umaasa siyang magkakaroon ng maka-Diyos na
lahi. Kaya ingatan ninyo ang inyong mga sariling kalooban
at huwag hayaan ang sinuman na magtaksil sa asawa ninyo
noong kabataan ninyo. 16 “Sapagkat kinamumuhian ko ang
paghihiwalay,” sabi ni Yahweh na Diyos ng Israel, at siya
na tinatakpan ang kaniyang damit nang karahasan” sabi ni
Yahweh ng mga hukbo. “Kaya ingatan ninyo ang inyong
sariling kalooban at huwag mawalan ng tiwala.” 17 Pinagod
ninyo si Yahweh sa pamamagitan ng inyong mga salita.
Ngunit sinasabi ninyo, “Paano namin siya pinagod?” Sa
pagsasabing, “Lahat ng gumagawa ng masama ay mabuti sa
paningin ni Yahweh at nagagalak siya sa kanila;” o “Nasaan
ang Diyos nang katarungan?”

**3** “Tingnan ninyo, malapit ko ng isugo ang aking mensahero
at ihahanda niya ang daan sa harapan ko. At ang
Panginoon na inyong hinahanap, ay biglang darating sa
kaniyang templo; at ang mensahero ng tipan na iyong
kinaluluguran, tingnan ninyo, dumarating siya,” sabi ni
Yahweh ng mga hukbo. 2 Ngunit sino ang makapagtitiis
sa araw ng kaniyang pagdating? At sino ang tatayo kapag
nagpakita siya? Sapagkat siya ay katulad ng apoy nang
tagapaglinang at katulad ng sabong panlaba. 3 Uupo siya
upang mamuno bilang isang tagapaglinang at tagapagdalisay
ng pilak at dadalisayin niya ang mga anak na lalaki ni
Levi. At lilinangin niya silang katulad ng ginto at pilak at
magdadala sila ng mga alay ng katuwiran kay Yahweh. 4
At ang alay ng Juda at Jerusalem ay magiging kalugud-
lugod kay Yahweh, gaya ng mga araw noong una at gaya
ng mga sinaunang panahon. 5 “Pagkatapos lalapit ako sa
inyo para sa paghahatol. Magiging isa akong mabilis na
saksi laban sa mga manghuhula, sa mga mangangalunya,
sa mga hindi totoong saksi, at laban sa mga nang-aapi sa
mga inuupahang manggagawa sa kaniyang sahod, sila na
nang-aapi sa mga balo at sa mga ulila, at naglalayo sa
mga dayuhan sa kanilang mga karapatan, at laban sa mga
taong hindi ako pinararangalan,” sabi ni Yahweh ng mga
hukbo. 6 Sapagkat akong si Yahweh ay hindi nagbabago;
kaya kayong mga tao ni Jacob ay hindi pa nalilipol. 7 Mula
pa sa mga araw ng inyong mga magulang, tinalikuran ninyo
ang aking mga batas at hindi ito iningatan. Manumbalik
kayo sa akin at manunumbalik din ako sa inyo.” sabi ni
Yahweh ng mga hukbo. “Ngunit sinasabi ninyo, 'Paano
kami manunumbalik?' 8 Maaari bang nakawan ng tao ang
Diyos? Gayon pa man, ninanakawan ninyo ako. Ngunit
sinasabi ninyo, 'Paano ka namin ninakawan?' Sa mga ikapu
at sa mga handog. 9 Isinumpa kayo sa pamamagitan ng
isang sumpa, sapagkat ninakawan ninyo ako, ang buong
bansang ito. 10 Dalhin ang buong ikapu sa silid-imbakan
upang may makain sa aking tahanan. At subukan ninyo ako
ngayon sa ganito,” sabi ni Yahweh ng mga hukbo, “kung
hindi ko bubuksan sa inyo ang mga bintana ng langit sa
inyo at ibuhos ang mga pagpapala sa inyo, hanggang sa
walang sapat na silid na paglagyan nito. 11 Sasawayin
ko ang maninira para sa inyo upang hindi nito sirain ang
ani sa inyong lupain; hindi mawawala ang bunga ng mga
ubas ninyo sa mga bukid bago ang takdang panahon,”
sabi ni Yahweh ng mga hukbo. 12 “Tatawagin ka ng lahat
ng mga bansa na pinagpala; sapagkat magiging lupain ka
nang kagalakan,” sabi ni Yahweh ng mga hukbo. 13 “Ang
mga salita ninyo ay naging lapastangan laban sa akin,”
sabi ni Yahweh. “Ngunit sinasabi ninyo, “Ano ang sinabi
namin laban sa iyo?' 14 Sinabi ninyo, "Walang kabuluhan
ang maglingkod sa Diyos. Ano ang napapala natin dito
sa pag-ingat ng kaniyang mga tagubilin at lumakad tayo
nang may pagdadalamhati sa harapan ni Yahweh ng mga
hukbo? 15 At ngayon, tinatawag nating mapalad ang palalo
na tao. Hindi lamang pinagpapala ang mga masasama
ngunit sinusubukan nila ang Diyos at tumatakas.” 16 At ang
mga may takot kay Yahweh ay nagsabi sa isa't isa; nagbigay
pansin si Yahweh at nakinig, at isang aklat ng alaala ang
nasulat sa kaniyang harapan para sa mga may takot kay
Yahweh at iginagalang ang kaniyang pangalan. 17 “Sila
ay magiging akin,” sabi ni Yahweh ng mga hukbo, “ang
tangi kong kayamanan, sa araw na aking gawin; ililigtas
ko sila gaya ng pagligtas ng isang tao sa kaniyang anak
na naglilingkod sa kaniya. 18 At minsan pa, muli ninyong
makikita ang pagkakaiba sa pagitan ng matuwid at masama,
sa pagitan ng sumasamba sa Diyos at sa hindi sumasamba
sa kaniya.

**4** Sapagkat tingnan ninyo, ang araw ay dumarating, na
nagliliyab na parang isang pugon, kapag ang lahat ng
mayabang at lahat ng gumagawa ng masama ay magiging
parang dayami. Susunugin sila sa araw na paparating,” sabi
ni Yahweh ng mga hukbo, “upang walang maiwan kahit ugat
at maging sanga man. 2 Ngunit sa inyong may takot sa

aking pangalan, sisikat ang araw nang katuwiran na may
kagalingan sa mga pakpak nito. Lalabas kayo na lumulukso
katulad ng guya mula sa kulungan. **3** Tatapakan ninyo ang
masasama, sapagkat sila ay magiging mga abo sa ilalim
ng mga talampakan ng inyong mga paa sa araw na gawin
ko," sabi ni Yahweh ng mga hukbo. **4** "Alalahanin ninyong
sundin ang utos ng aking lingkod na si Moises, ang mga
kasunduan at alituntunin na iniutos ko sa kaniya sa Horeb
para sa buong Israel. **5** Tingnan ninyo, isusugo ko sa inyo
si Elias, na propeta bago dumating ang dakila at katakut-
takot na araw ni Yahweh. **6** At ipapanumbalik niya ang puso
ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa
kanilang mga ama; upang hindi ako darating at lusubin ang
lupain nang may ganap na pagkawasak."




*Sinabi ni Jesus, "Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila alam ang kanilang ginagawa."*
*At sila ay nagsapalaran, hinati-hati ang kaniyang kasuotan.*
Lucas 23:34

# Mateo

1 Ito ang aklat ng talaan ng angkan ni Jesu-Cristo na anak
ni David na anak ni Abraham. 2 Si Abraham ang ama
ni Isaac at si Isaac ang ama ni Jacob, at si Jacob ang
ama ni Juda at ng mga kapatid niya. 3 Si Juda ang ama ni
Fares at Zara kay Tamar, si Fares ang ama ni Esrom at si
Esrom ang ama ni Aram. 4 Si Aram ang ama ni Aminadab,
si Aminadab ang ama ni Naason, si Naason ang ama ni
Salmon. 5 Si Salmon ang ama ni Boaz kay Rahab, si Boaz
ang ama ni Obed kay Ruth, si Obed ang ama ni Jesse,
6 Si Jesse ang ama ni David na hari, si David ang ama
ni Solomon sa asawa ni Urias. 7 Si Solomon ang ama ni
Rehoboam, si Rehoboam ang ama ni Abias, si Abias ang
ama ni Asa. 8 Si Asa ang ama ni Josafat, si Josafat ang ama
ni Joram, si Joram ang ama ni Ozias. 9 Si Ozias ang ama
ni Jotam, si Jotam ang ama ni Acaz, si Acaz ang ama ni
Ezequias. 10 Si Ezequias ang ama ni Manases, si Manases
ang ama ni Amon, at si Amon ang ama ni Josias. 11 Si
Josias ang ama ni Jeconias at ng mga kapatid niya noong
panahon ng pagpapatapon sa Babilonia. 12 Pagkatapos
ng pagpapatapon sa Babilonia, anak naman ni Jeconias si
Salatiel, si Salatiel ay ninuno ni Zerubabel. 13 Si Zerubabel
ang ama ni Abiud, si Abiud ang ama ni Eliakim, at si Eliakim
ang ama ni Azor. 14 Si Azor ang ama ni Sadok, si Sadok
ang ama ni Aquim, at si Aquim ang ama ni Eliud. 15 Si Eliud
ang ama ni Eliasar, si Eliasar ang ama ni Matan, at si Matan
ang ama ni Jacob. 16 Si Jacob ang ama ni Jose na asawa ni
Maria na nagsilang kay Jesus, na tinatawag na Cristo. 17
Lahat ng salinlahi mula kay Abraham hanggang kay David
ay labing-apat na salinlahi, mula kay David hanggang sa
pagkakatapon sa Babilonia ay labing-apat na salinlahi, mula
sa pagpapatapon sa Babilonia hanggang kay Cristo ay
labing-apat na salinlahi. 18 Naganap ang kapanganakan
ni Jesu-Cristo sa ganitong kapamaraanan. Si Maria na
kaniyang ina ay naipagkasundong maikasal kay Jose. Ngunit
bago pa man sila magsama, nalamang nagdadalang tao siya
sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. 19 Si Jose na asawa
niya ay isang matuwid na tao, ngunit ayaw niyang mapahiya
si Maria sa mga tao. Kaya palihim niyang tinapos ang
kasunduan niyang magpakasal sa kaniya. 20 Habang iniisip
ni Jose ang mga bagay na ito, nagpakita sa kaniya ang isang
anghel ng Panginoon sa panaginip at sinabi, "Jose, anak ni
David, huwag kang matakot na pakasalan si Maria dahil ang
kaniyang pinagbubuntis ay sa Banal na Espiritu. 21 Isisilang
niya ang isang anak na lalaki at papangalanan mo siyang
Jesus, sapagkat ililigtas niya ang kaniyang mga tao mula sa
mga kasalanan nila." 22 Nangyari ang lahat ng ito upang
matupad ang mga sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng
propeta, na nagsasabi, 23 "Masdan ito, magdadalang tao ang
isang birhen at magsisilang ng isang lalaki at tatawagin nilang
Emmanuel"— na nangangahulugang, "kasama natin ang
Diyos." 24 Nagising si Jose mula sa kaniyang pagkakatulog
at ginawa niya ang iniutos ng anghel ng Panginoon sa kaniya
at kinuha niya si Maria bilang asawa niya. 25 Gayunpaman,
hindi niya ito sinipingan hanggang sa isinilang niya ang anak
na lalaki. At tinawag niya ang kaniyang pangalan na Jesus.

2 Pagkatapos maipanganak si Jesus sa Bethlehem ng
Judea sa mga araw ni Haring Herodes, dumating sa
Jerusalem ang mga pantas na kalalakihan mula sa silangan
na nagsasabi, 2 "Nasaan siyang ipinanganak na Hari ng
mga Judio? Nakita namin ang bituin niya sa silangan kaya
pumarito kami upang sumamba sa kaniya." 3 Nang marinig ito
ni haring Herodes, nabagabag siya at ang buong Jerusalem
na kasama niya. 4 At tinipon ni Herodes ang lahat ng mga
punong pari at mga eskriba ng mga tao, at tinanong niya ang
mga ito, "Saan ipapanganak ang Cristo?" 5 Sinabi nila sa
kaniya, "Sa Bethlehem ng Judea, sapagkat ito ang isinulat
ng propeta, 6 'At ikaw, Bethlehem, sa lupain ng Judah, ay
hindi pinakahamak sa mga pinuno ng Judah, sapagkat sayo
magmumula ang isang pinuno na magpapastol sa aking
mga taong Israelita.'" 7 At lihim na ipinatawag ni Herodes
ang mga pantas na kalalakihan upang tanungin kung ano
ang tiyak na oras na nagpakita ang bituin. 8 Pinapunta
niya ang mga ito sa Bethlehem at sinabing, "Humayo kayo
at hanaping mabuti ang bata. Kung nahanap ninyo siya,
ipaalam ninyo sa akin upang makapunta at makasamba
din ako sa kaniya." 9 Pagkatapos nilang makinig sa hari,
sila ay tumuloy sa kanilang lakbayin, at pinangunahan sila
ng bituwin na kanilang nakita mula sa silangan hanggang
sa ito ay tumigil kung nasaan naroroon ang bata. 10 Nang
nakita nila ang bituin, sila ay nagalak nang may labis na
kagalakan. 11 Sila ay pumunta sa bahay at kanilang nakita
ang bata kasama ng kaniyang inang si Maria. Yumukod sila
at sumamba sa kaniya. Binuksan nila ang kanilang mga
kayamanan at inihandog nila ang kanilang mga kaloob na
ginto, kamanyang, at mira. 12 Binalaan sila ng Diyos sa
panaginip na huwag nang bumalik kay Herodes, kaya umiba
sila ng daan pauwi sa kanilang bayan. 13 Pagkatapos nilang
umalis, isang anghel ng Panginoon ang nagpakita kay Jose
sa panaginip at sinabi, "Bumangon ka, dalhin mo ang bata
at ang kaniyang ina at tumakas kayo patungong Egipto.
Manatili kayo doon hanggang sa sasabihin ko, sapagkat
hahanapin ni Herodes ang bata upang patayin siya". 14 Sa
gabing iyon, bumangon si Jose at kinuha ang bata at ang
kaniyang ina at umalis patungong Egipto. 15 Nanatili siya
roon hanggang sa pagkamatay si Herodes. Tinupad nito ang
sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, "Mula

sa Egipto tinawag ko ang aking anak." **16** Nang nakita ni
Herodes na kinutya siya ng mga pantas na kalalakihan, siya
ay nagalit nang labis. Nagsugo siya at ipinapatay ang lahat
ng mga batang lalaking naroon sa Bethlehem at sa buong
rehiyon, ang mga may dalawang taong gulang pababa
ayon sa tiyak na panahong nalaman niya mula sa mga
pantas. **17** At natupad nga ang sinabi sa pamamagitan
ng propeta na si Jeremias, **18** "Isang tinig ang narinig sa
Ramah, pananangis at labis na pagdadalamhati, umiiyak si
Raquel para sa kaniyang mga anak at ayaw niyang paaliw
sapagkat sila ay wala na." **19** Nang si Herodes ay namatay,
masdan ito, nagpakita sa isang panaginip ang isang anghel
ng Panginoon kay Jose sa Egipto at sinabi, **20** "Bumangon
ka at kunin mo ang bata at ang kaniyang ina at pumunta
kayo sa lupain ng Israel, sapagkat ang mga naghahangad sa
buhay ng bata ay patay na." **21** Bumangon si Jose at kinuha
ang bata at ang kaniyang ina at tumungo sila sa lupain ng
Israel. **22** Ngunit nang mabalitaan niya na si Arquelao na ang
naghahari sa Judea kapalit ng kaniyang ama na si Herodes,
natakot siyang pumunta roon. Pagkatapos siyang balaan
ng Diyos sa panaginip, umalis siya patungo sa rehiyon
ng Galilea **23** at pumunta siya at nanirahan sa lungsod
na tinatawag na Nazaret. Natupad kung ano ang sinabi
sa pamamagitan ng mga propeta na siya ay tatawaging
Nazareno.

**3** Sa mga araw na iyon ay dumating si Juan na
Tagapagbautismo na nangangaral sa ilang ng Judea
at nagsasabi, **2** "Magsisi kayo, sapagkat malapit na ang
kaharian ng langit." **3** Sapagkat siya ang binanggit ni propeta
Isaias na nagsasabi, "Isang tinig ang sumisigaw mula sa
ilang, 'Ihanda ang daan ng Panginoon, gawing matuwid ang
kaniyang landas.'" **4** Ngayon, nagsusuot si Juan ng damit na
gawa sa buhok ng kamelyo at sinturong balat sa kaniyang
baywang. Ang kaniyang pagkain ay mga balang at pulot-
pukyutan. **5** Pumunta sa kaniya ang mga taga-Jerusalem,
taga-Judea at lahat ng karatig rehiyon ng Ilog ng Jordan. **6**
Binautismuhan niya sila sa Ilog ng Jordan habang sila ay
nagpapahayag ng kanilang mga kasalanan. **7** Ngunit nang
makita niyang nagsisidatingan ang maraming mga Pariseo
at mga Saduseo upang magpabautismo sa kaniya, sinabi
niya sa kanila, "Kayong mga anak ng mga makamandag na
mga ahas, sino ang nagbabala sa inyo na makakaiwas kayo
sa poot na darating? **8** Mamunga kayo na karapat-dapat sa
pagsisisi. **9** Huwag ninyong isiping sabihin sa inyong mga
sarili na, 'Si Abraham ang aming ama.' Sapagkat sinasabi
ko sa inyo na kayang bumuhay ng Diyos ng mga anak ni
Abraham kahit pa mula sa mga batong ito. **10** Nakahanda na
ang palakol sa mga ugat ng mga puno. Kaya bawat punong
hindi namumunga ng mabuti ay puputulin at itatapon sa
apoy. **11** Binabautismuhan ko kayo sa tubig para sa pagsisisi.
Ngunit ang darating kasunod ko ay mas makapangyarihan
kaysa sa akin at ako ay hindi karapat-dapat na magdala
maging sa kaniyang sandalyas. Babautismuhan niya kayo
sa Banal na Espiritu at sa apoy. **12** Hawak niya ang kaniyang
kalaykay upang linising maigi ang kaniyang giikan at tipunin
ang kaniyang trigo sa bahay-imbakan. Ngunit susunugin
niya ang mga ipa sa pamamagitan ng apoy na kailanman
ay hindi maapula." **13** Pagkatapos ay dumating si Jesus
sa Ilog ng Jordan mula Galilea upang magpabautismo kay
Juan. **14** Ngunit pinigilan siya ni Juan at nagsasabi, "Ako
ang dapat mong bautismuhan? Bakit ka lumalapit sa akin?"
**15** Tumugon si Jesus at sinabi sa kaniya, "Pahintulutan mo
ito ngayon sapagkat ito ang nararapat upang matupad natin
ang lahat ng katuwiran." Kaya pinahintulutan siya ni Juan.
**16** Pagkatapos niyang mabautismuhan, agad umahon si
Jesus sa tubig, at masdan ito, bumukas ang mga langit
sa kaniya. Nakita niya ang pagbaba ng Espiritu ng Diyos
na parang kalapati na dumapo sa kaniya. **17** Masdan ito,
may isang tinig na mula sa mga langit na nagsasabi, "Ito
ang pinakamamahal kong Anak. Lubos akong nalulugod sa
kaniya."

**4** Pagkatapos, pinangunahan ng Espiritu si Jesus sa ilang
upang tuksuhin ng diyablo. **2** Noong nag-ayuno siya
sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi, siya ay
nagutom. **3** Dumating ang manunukso at sinabi sa kaniya,
"Kung ikaw ang Anak ng Diyos, utusan mo ang mga batong
ito na maging tinapay." **4** Ngunit sumagot si Jesus at sinabi
sa kaniya, "Nasusulat, 'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay
ang tao kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng
Diyos.'" **5** Pagkatapos, dinala siya ng diyablo sa banal na
lungsod at dinala siya sa pinakamataas na bahagi ng gusali
ng templo **6** at sinabi sa kaniya, "Kung ikaw ang Anak
ng Diyos, magpatihulog ka sa baba, sapagkat nasusulat,
'Uutusan niya ang kaniyang mga anghel upang pangalagaan
ka,' at 'Itataas ka nila sa kanilang mga kamay upang hindi
tumama ang iyong mga paa sa bato.'" **7** Sinabi ni Jesus
sa kaniya, "At nasusulat din, 'Huwag mong subukin ang
Panginoon mong Diyos.'" **8** Muli, dinala siya ng diyablo sa
isang mataas na lugar at ipinakita ang lahat ng mga kaharian
ng mundo pat na ang kanilang karingalan. **9** Sinabi niya
sa kaniya, "Ang lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko
sa iyo, kung ikaw ay yuyukod at sasambahin ako." **10** At
sinabi ni Jesus sa kaniya, "Umalis ka dito Satanas! Sapagkat
nasusulat, 'Dapat mong sambahin ang Panginoon mong
Diyos at siya lamang ang iyong paglingkuran.'" **11** At iniwan
siya ng diyablo at masdan ito, dumating ang mga anghel at
naglingkod sa kaniya. **12** Ngayon, nang marinig ni Jesus na
nadakip si Juan, umalis siya patungong Galilea. **13** Umalis

siya sa Nazaret at nagpunta at nanirahan sa Capernaum,
na nasa Dagat ng Galilea, sa mga teritoryo ng Zebulun at
Neftali. 14 Nangyari ito upang matupad ang sinabi ni propeta
Isaias, 15 “Ang lupain ng Zebulun at lupain ng Neftali, sa
gawing dagat, sa ibayo ng Jordan, Galilea ng mga Gentil!
16 Ang mga taong nakaupo sa kadiliman ay nakakita ng
matinding liwanag at sumikat ang liwanag sa mga taong
nakaupo sa rehiyon at anino ng kamatayan. “ 17 Mula nang
panahong iyon, nagsimulang mangaral si Jesus at sinasabi,
“Magsisi na kayo, sapagkat malapit na ang kaharian ng
langit.” 18 Habang naglalakad si Jesus sa Dagat ng Galilea,
nakita niya ang dalawang magkapatid, si Simon na tinatawag
na Pedro at ang kapatid niyang si Andres na naghahagis
ng lambat sa dagat sapagkat sila ay mga mangingisda. 19
Sinabi ni Jesus sa kanila, “Halikayo, sumunod kayo sa akin
at gagawin ko kayong mga mangingisda ng mga tao.” 20
Agad nilang iniwan ang kanilang mga lambat at sumunod
sa kaniya. 21 Habang naglalakad si Jesus mula doon,
nakita niya ang dalawa pang magkapatid, si Santiago na
anak na lalaki ni Zebedeo at si Juan na kaniyang kapatid.
Kasama nila si Zebedeo na kanilang ama sa bangka na
nagkukumpuni ng kanilang mga lambat. Tinawag niya ang
mga ito, 22 at agad nilang iniwan ang kanilang ama at
ang bangka at sumunod sa kaniya. 23 Nilibot ni Jesus ang
buong Galilea, nagtuturo siya sa kanilang mga sinagoga,
ipinangaral niya ang ebanghelyo ng kaharian, pinapagaling
niya ang lahat ng uri ng sakit at karamdaman ng mga tao. 24
Kumalat ang balita tungkol sa kaniya sa buong Siria at dinala
ng mga tao sa kaniya ang lahat ng mga may sakit, may iba't
ibang uri ng karamdaman at sakit, ang mga sinaniban ng
mga demonyo, lahat ng epileptiko at paralisado, pinagaling
sila ni Jesus. 25 Maraming tao ang sumunod kay Jesus mula
sa Galilea, sa Decapolis, Jerusalem at Judea at maging sa
ibayo ng Jordan.

**5** Noong nakita ni Jesus ang maraming tao, umakyat siya
sa bundok. Nang makaupo na siya, lumapit sa kaniya
ang mga alagad niya. 2 Nagsalita siya at tinuruan sila na
sinasabi, 3 “Pinagpala ang mahihirap sa espiritu, sapagkat
sa kanila ang kaharian ng langit. 4 Pinagpala ang mga
nagdadalamhati sapagkat sila ay aaliwin. 5 Pinagpala ang
mga maamo, sapagkat mamanahin nila ang mundo. 6
Pinagpala ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran,
sapagkat sila ay bubusugin. 7 Pinagpala ang mga mahabagin
sapagkat sila ay kahahabagan. 8 Pinagpala ang may pusong
dalisay, sapagkat makikita nila ang Diyos. 9 Pinagpala ang
mga mapagpayapa, sapagkat tatawagin silang mga anak
ng Diyos. 10 Pinagpala ang mga inuusig alang-alang sa
katuwiran, sapagkat sa kanila ang kaharian ng langit. 11
Pinagpala kayo kung inaalipusta kayo at inuusig ng mga tao
o pagsalitaan ng lahat ng uri ng mga masasamang bagay na
pawang mga kasinungalingan ng dahil sa akin. 12 Magsaya
kayo at labis na magalak sapagkat malaki ang inyong
gantimpala sa langit. Sapagkat sa ganitong paraan inusig ng
mga tao ang mga propetang nabuhay noon bago pa kayo.
13 Kayo ang asin ng mundo. Ngunit kung nawala ang lasa ng
asin, paano muling maibabalik ang alat nito? Wala na itong
pakinabang pa kundi itapon at tapak-tapakan ng mga tao. 14
Kayo ang ilaw ng mundo. Ang lungsod na nakatayo sa isang
burol ay hindi maitatago. 15 Ni hindi nagsisindi ang mga tao
ng lampara at ilagay sa loob ng basket, bagkus sa isang
patungan ng ilawan, at magliliwanag ito sa lahat ng nasa
bahay. 16 Hayaan ninyong magliwanag ang inyong ilaw sa
harapan ng mga tao sa paraang makikita nila ang inyong
mga mabubuting gawa at papurihin ang inyong Amang nasa
langit. 17 Huwag ninyong isipin na pumarito ako upang
sirain ang kautusan o ang mga propeta. Naparito ako hindi
upang sirain ang mga ito kundi upang ito ay tuparin. 18
Sapagkat totoo itong sinasabi ko sa inyo, hanggang hindi
lilipas ang langit at lupa, wala ni isang tuldok o kudlit man
ang mawawala sa kautusan, hanggang sa ang lahat ng mga
bagay ay maganap. 19 Kung gayon, sinuman ang lalabag ng
kahit isa sa kaliit-liitan sa mga kautusang ito at nagtuturo sa
iba na gawin ang paglabag nito ay tatawaging pinakahamak
sa kaharian ng langit. Ngunit ang sinumang tumupad sa
mga ito at itinuturo sa iba na tupariin ito ay tatawaging dakila
sa kaharian ng langit. 20 Sapagkat sinasabi ko sa inyo na
hangga't hindi hihigit ang inyong katuwiran sa katuwiran ng
mga eskriba at mga Pariseo, hindi kayo makakapasok sa
kaharian ng langit. 21 Inyong narinig na sinabi sa kanila
noong mga unang panahon, 'Huwag kang pumatay,' at
'Sinumang papatay ay manganganib sa paghuhukom.' 22
Ngunit sinasabi ko sa inyo na sinumang magalit sa kaniyang
kapatid ay manganganib sa paghuhukom. At kung sinuman
ang magsabi sa kaniyang kapatid na, 'Wala kang kuwentang
tao!' ay manganganib sa konseho. At sinumang magsabi
ng, 'Hangal ka!' ay manganganib sa apoy ng impiyerno.
(Geenna g1067) 23 Kaya kung ikaw ay naghahandog ng iyong
kaloob sa altar at maalala mo doon ang iyong kapatid na
may anumang bagay laban sa iyo, 24 iwan mo doon ang
iyong kaloob sa harap ng altar at humayo ka. Makipag-
ayos ka muna sa iyong kapatid, pagkatapos ay pumunta
ka at ihandog mo ang iyong kaloob. 25 Makipagkasundo
ka agad sa nagsakdal sa iyo habang siya ay kasama mo
pa sa daan patungo sa hukuman, o ipapasakamay ka
ng nagsakdal sa iyo sa hukom at ipapasakamay ka ng
hukom sa pinuno at ikaw ay ipapatapon sa bilangguan.
26 Totoo itong sinasabi ko sa inyo, hindi ka kailanman
makalalabas doon hanggang mapagbayaran mo ang kahuli-

hulihang salapi na iyong inutang. **27** Narinig ninyo na sinabi,
'Huwag kang mangangalunya.' **28** Ngunit sinasabi ko sa
inyo, sinumang tumingin sa isang babae upang siya ay
pagnasaan ay nangalunya sa babaing iyon sa kaniyang
puso. **29** At kung ang iyong kanang mata ang nagiging sanhi
ng iyong pagkatisod, dukutin mo ito at itapon sa malayo
sapagkat mas mabuti para sa iyo na mapahamak ang isa
sa mga bahagi ng iyong katawan kaysa maitapon ang
buo mong katawan sa impiyerno. **(Geenna g1067)** **30** At kung
ang iyong kanang kamay ang sanhi ng iyong pagkadapa,
putulin mo ito at itapon sa malayo. Sapagkat mas mabuti na
mapahamak ang isa sa mga bahagi ng iyong katawan kaysa
ang buo mong katawan ay mapunta sa impiyerno. **(Geenna
g1067)** **31** At sinabi din, 'Kung sinuman ang magpalayas
sa kaniyang asawang babae, dapat niya itong bigyan ng
kasulatan ng paghihiwalay.' **32** Ngunit sinasabi ko sa inyo,
sinumang makipaghiwalay sa kaniyang asawang babae
maliban lamang kung sa sekswal na imoralidad ang dahilan
nito ay nagiging sanhi ng pangangalunya ng kaniyang
asawa. At kung sinumang magpakasal sa kaniya pagkatapos
siyang hiwalayan ay nangangalunya rin. **33** Narinig ninyo
rin na sinabi nang mga tao noong unang panahon, 'Huwag
kang manunumpa ng kasinungalingan ngunit tuparin mo
ang iyong mga sumpa sa Panginoon.' **34** Ngunit sinasabi
ko sa inyo, huwag na lamang kayong manumpa, huwag
sa langit dahil ito ang trono ng Diyos, **35** huwag sa lupa
dahil ito ang tapakan ng kaniyang mga paa, huwag din sa
Jerusalem dahil ito ang lungsod ng dakilang Hari. **36** Huwag
ka ring manumpa sa pamamagitan ng iyong ulo sapagkat ni
isa mang buhok ay hindi mo kayang gawing puti o itim. **37**
Ngunit hayaan mo ang iyong salita ay maging, 'Oo, kung oo'
o 'Hindi, kung hindi.' Anuman ang lalabis pa sa mga ito ay
galing sa kaniya na masama. **38** Narinig ninyo itong sinabi,
'Mata para sa mata at ngipin para sa ngipin.' **39** Ngunit
sinasabi ko sa inyo, huwag ninyong labanan ang taong
masama, sa halip, sinumang sumampal sa iyong kanang
pisngi, iharap mo rin sa kaniya ang kabila. **40** At kung hiniling
ng sinuman na magpunta sa hukuman kasama ka at kunin
ang iyong tuniko, hayaan mo rin na mapasakaniya ang iyong
balabal. **41** At sinumang pumilit sa iyo na maglakad ng isang
milya, lumakad ka ng dalawang milya kasama niya. **42** Ibigay
mo ang nanghihingi sa iyo at huwag mong talikuran ang
sinumang nanghihiram sa iyo. **43** Inyong narinig na sinabing,
'Mahalin ninyo ang inyong kapwa at kamuhian ang inyong
kaaway.' **44** Ngunit sinasabi ko sa inyo, mahalin ninyo ang
inyong mga kaaway at ipanalangin ang mga umuusig sa
inyo, **45** upang magiging mga anak kayo ng inyong Amang
nasa langit, sapagkat pinasisikat niya ang kaniyang araw sa
mga masama at mabuti at kaniyang ipinadadala ang ulan sa
mga matutuwid at sa mga hindi matutuwid. **46** Sapagkat
kung mamahalin ninyo lamang ang mga nagmamahal sa
inyo, anong gantimpala ang inyong makakamit? Hindi ba't
ganiyan din ang ginagawa ng mga maniningil ng buwis? **47**
At kung ang mga kapatid ninyo lamang ang inyong babatiin,
ano ang ginawa ninyo na higit sa iba? Hindi ba't ganiyan din
ang ginagawa ng mga Gentil? **48** Kaya dapat kayong maging
ganap sapagkat ang inyong Amang nasa langit ay ganap.

**6** Pag-ingatan ninyo na hindi ninyo gawin ang inyong
mga gawain ng katuwiran sa harap ng mga tao upang
makita nila ito, kung hindi ay wala kayong matatanggap
na gantimpala mula sa Ama na nasa langit. **2** Kung
magbibigay ka ng mga limos, huwag mong patunugin ang
isang trumpeta para sa iyong sarili tulad ng ginagawa ng
mga mapagpanggap sa mga sinagoga at sa mga lansangan,
upang sumakanila ang papuri ng mga tao. Totoo itong
sasabihin ko sa inyo, natanggap na nila ang kanilang
gantimpala. **3** Ngunit kung magbibigay ka ng mga limos,
huwag mong hayaang malaman ng kaliwang kamay ang
ginagawa ng iyong kanang kamay, **4** upang maibigay
mo nang lihim ang iyong handog. At ang iyong Ama na
nakakakita sa lihim ang gagantimpala sa iyo. **5** At kung
manalangin kayo, huwag kayong maging katulad ng mga
mapagpanggap, sapagkat nais nilang tumayo at manalangin
sa mga sinagoga at mga sulok ng lansangan upang makita ng
mga tao. Totoo itong sinasabi ko sa inyo, natanggap na nila
ang kanilang gantimpala. **6** Ngunit ikaw, kung mananalangin
ka, pumasok ka sa loob ng iyong silid. Isara ang pinto at
manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim. At ang iyong
Ama na nakakakita sa lihim ang gagantimpala sa inyo. **7** At
kung mananalangin kayo, huwag kayong gumamit ng paulit-
ulit ng mga walang kabuluhang salita tulad ng ginagawa
ng mga Gentil, sapagkat iniisip nila na mas maririnig sila
dahil sa dami ng kanilang sinasabi. **8** Kaya, huwag kayong
maging katulad nila, sapagkat alam ng inyong Ama ang mga
bagay na inyong kailangan bago pa ninyo hilingin sa kaniya.
**9** Kaya manalangin kayo ng katulad nito: 'Ama naming nasa
langit, gawing banal ang iyong pangalan. **10** Pumarito ang
inyong kaharian, mangyari ang iyong kalooban, dito sa lupa
katulad ng sa langit. **11** Bigyan mo kami ngayon ng aming
pang araw-araw na pagkain. **12** Patawarin mo kami sa aming
mga pagkakautang katulad din ng pagpapatawad namin sa
mga nagkautang sa amin. **13** At huwag mo kaming dalhin sa
tukso, ngunit iligtas mo mula sa masama. **14** Sapagkat kung
patatawarin ninyo ang pagkakasala ng mga tao, patatawarin
din kayo ng Ama na nasa langit. **15** Ngunit kung hindi ninyo
patatawarin ang kanilang pagkakasala, maging ang inyong
Ama ay hindi rin patatawarin ang inyong pagkakasala.
**16** Bukod doon, kung mag-aayuno kayo, huwag kayong

magmukhang nagdadalamhati katulad ng ginagawa ng mga
mapagpanggap, sapagkat dinudungisan nila ang kanilang
mga mukha upang makita ng mga taong nag-aayuno sila.
Totoo itong sasabihin ko sa inyo, natanggap na nila ang
kanilang gantimpala. 17 Ngunit ikaw, kung mag-aayuno
ka, lagyan mo ng langis ang iyong ulo at maghilamos ka.
18 Sa ganoon ay hindi ka mapansin ng mga tao na nag-
aayuno, ngunit sa iyong Ama na nasa lihim lamang. At
gagantimpalaan ka ng iyong Ama na nakakakita sa lihim.
19 Huwag kayong mag-ipon ng mga kayamanan para sa
inyong sarili dito sa lupa, kung saan sisirain ng tanga at
kalawang, at kung saan papasukin at nanakawin ng mga
magnanakaw. 20 Sa halip, mag-ipon para sa inyong sarili ng
mga kayamanan sa langit, kung saan maging mga tanga
ni kalawang ay di kayang sirain, at kung saan ang mga
magnanakaw ay di kayang pasukin at nakawin. 21 Sapagkat
kung saan naroon ang iyong kayamanan, naroon din ang
iyong puso. 22 Ang mata ay ang ilaw ng katawan. Kaya kung
mabuti ang inyong mata, mapupuno ng liwanag ang buong
katawan. 23 Ngunit kung masama ang inyong mata, ang
inyong buong katawan ay puno ng kadiliman. Kaya kung
ang liwanag na nasa inyo ay pawang kadiliman, napakatindi
ng kadilimang iyon! 24 Walang sinuman ang maaaring
maglingkod sa dalawang amo, sapagkat kakamuhian niya
ang isa at mamahalin ang isa, o di kaya tapat siya sa isa
at hahamakin ang isa. Hindi ninyo maaaring paglingkuran
ang Diyos at ang kayamanan. 25 Ngayon sasabihin ko sa
inyo, huwag kayong mabalisa sa inyong buhay, kung ano
ang inyong kakainin o ang inyong iinumin—o tungkol sa
inyong katawan, kung ano ang inyong isusuot. Sapagkat
hindi ba mas higit ang buhay kaysa sa pagkain, at ang
katawan kaysa sa mga damit? 26 Tingnan ninyo ang mga
ibon sa himpapawid. Hindi sila nagtatanim o nag-aani ni
nag-iipon sa mga kamalig, ngunit pinapakain sila ng inyong
Ama na nasa langit. Hindi ba higit kayong mahalaga kaysa
sa kanila? 27 At sino sa inyo ang kayang dagdagan ng
isang siko ang haba ng kaniyang buhay sa pamamagitan ng
pagkabalisa? 28 At bakit kayo nababalisa tungkol sa inyong
kasuotan? Isipin ninyo ang mga liryo sa mga bukirin kung
papaano sila tumubo. Hindi sila nagtatrabaho, at hindi sila
gumagawa ng damit. 29 Gayon pa man, sinasabi ko sa inyo,
kahit na si Solomon sa lahat ng kaniyang kaluwalhatian
ay hindi nakapagsuot ng tulad sa isa sa mga ito. 30 Kung
ganoong dinadamitan ng Diyos ang mga damo sa bukirin,
na nabubuhay ngayon at itatapon sa hurno kinabukasan,
gaano pa kaya na kayo ay higit na kaniyang dadamitan,
kayong may maliit na pananampalataya? 31 Kaya huwag
kayong mabalisa at sabihin, 'Ano ang aming kakainin?' o
'Ano ang aming iinumin?' o di kaya, 'Ano ang isusuot naming
mga damit?' 32 Sapagkat hinahanap ng mga Gentil ang
mga bagay na ito, at alam ng iyong makalangit na Ama
na kailangan ninyo ang lahat ng mga ito. 33 Sapagkat
hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian at ang kaniyang
katuwiran at ang lahat na ito ay maibibigay sa inyo. 34 Kaya
huwag kayong mabahala sa kinabukasan, sapagkat ang
bukas ang mababahala sa kaniyang sarili. Ang bawat araw
ay may sapat na sariliing kaguluhan.

7 Huwag kayong humatol, at kayo ay hindi hahatulan.
2 Sapagkat ang paghatol na iyong inihatol ay siyang
ihahatol sa inyo. At ang panukat na inyong ginamit ay siya
ring panukat na gagamitin sa inyo. 3 At bakit mo tinitingnan
ang maliit na pirasong dayami na nasa mata ng iyong
kapatid, ngunit hindi mo napapansin ang troso na nasa
sarili mong mata? 4 Paano mo sasabihin sa iyong kapatid,
'Hayaan mo akong alisin ang pirasong dayami na nasa
iyong mata,' habang ang troso ay nasa iyong mata? 5
Mapagpanggap ka! Alisin mo muna ang troso sa iyong mata,
at pagkatapos ay malinaw kang makakakita upang alisin ang
piraso ng dayami na nasa mata ng iyong kapatid. 6 Huwag
ninyong ibigay ang anumang banal sa mga aso, at huwag
ninyong ihagis ang inyong mga perlas sa harapan ng mga
baboy. Kung hindi, ito ay tatapak-tapakan lang nila, at kayo
ay babalingan at pagpipira-pirasuhin. 7 Humingi kayo, at ito
ay ibibigay sa inyo. Humanap kayo, at kayo ay makakatagpo.
Kumatok kayo, at bubuksan ito para sa inyo. 8 Sapagkat
ang lahat na humihingi, ay makatatanggap. At ang lahat na
maghahanap, ay makakatagpo. At sa kanila na kumakatok,
ito ay mabubuksan. 9 O anong tao sa inyo na kapag humingi
ng tinapay ang kaniyang anak ay bibigyan niya ng bato? 10 O
kapag humihingi siya ng isda, ay bibigyan niya ng ahas? 11
Kaya kung kayong mga masasama ay marunong magbigay
ng mga mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa
kaya ang inyong Amang nasa langit na nagbibigay ng mga
mabubuting bagay sa mga humihingi sa kaniya? 12 Kaya
kung anuman ang gusto inyong gawin ng mga tao sa inyo,
ganoon din ang gawin ninyo sa kanila, sapagkat ito ang sa
kautusan at ng mga propeta. 13 Pumasok kayo sa makipot
na tarangkahan. Sapagkat malawak ang tarangkahan at
malapad ang daan patungo sa kapahamakan, at maraming
tao ang dumaraan doon. 14 Subalit makitid ang tarangkahan
at makitid ang daan na patungo sa buhay, at kakaunti ang
nakakahanap nito. 15 Mag-ingat kayo sa mga bulaang
propeta, na darating sa inyo na nakadamit na parang mga
tupa ngunit ang katotohanan ay para silang mga gutom
na gutom na mga lobo. 16 Sa pamamagitan ng kanilang
mga bunga sila ay inyong makikilala. Makapipitas ba ang
tao ng mga ubas mula sa puno ng dawag, o ng mga igos
sa mga matitinik na halaman? 17 Sa gayon ding paraan,

ang lahat ng puno na namumunga ng mabuti ay mabuti, ngunit ang masamang puno ay namumunga ng masamang bunga. **18** Ang mabuting puno ay hindi maaaring magbunga ng masamang bunga, hindi rin magbubunga ng mabuti ang masamang puno. **19** Bawat puno na hindi namumunga ng mabuting bunga ay puputulin at itatapon sa apoy. **20** Sa gayon, makikilala ninyo sila sa pamamagitan nang kanilang mga bunga. **21** Hindi lahat ng nagsasabi sa akin, 'Panginoon, Panginoon,' ay makakapasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumagawa lamang sa kagustuhan ng aking Amang nasa langit. **22** Maraming tao ang magsasabi sa akin sa araw na iyon, 'Panginoon, Panginoon, hindi ba kami nagsabi ng propesiya sa iyong pangalan, sa iyong pangalan ay nagpalayas ng mga demonyo, at sa iyong pangalan ay gumawa ng maraming makapangyarihang gawain?' **23** At hayagan kong sasabihin sa kanila, 'Hindi ko kayo nakikilala! Lumayo kayo sa akin, kayong gumagawa ng masama!' **24** Kaya ang lahat ng nakikinig sa aking mga salita at sumusunod sa kanila ay maihahalintulad sa isang matalinong tao na nagtayo ng kaniyang bahay sa isang bato. **25** Bumuhos ang ulan at bumaha, umihip ang hangin at hinagupit ang bahay ngunit hindi ito bumagsak, sapagkat ito ay natatayo sa bato. **26** Subalit lahat ng nakarinig sa aking mga salita at hindi sinusunod ang mga ito ay mahahalintulad sa isang taong mangmang na nagtayo ng kaniyang bahay sa buhanginan. **27** Bumuhos ang ulan, bumaha, umihip ang hangin at hinagupit ang bahay. At ito ay bumagsak at nawasak nang tuluyan." **28** At pagkatapos sabihin ni Jesus ang mga salitang ito, namangha ang maraming tao sa kaniyang pagtuturo, **29** sapagkat nagturo siya sa kanila tulad ng isang may kapangyarihan, at hindi kagaya ng kanilang mga eskriba.

**8** Noong bumaba si Jesus mula sa burol, maraming tao ang sumunod sa kaniya. **2** Masdan ito, isang lalaking may ketong ang lumapit at lumuhod sa kaniya na nagsasabi, "Panginoon, kung iyong nais, maaari mo akong gawing malinis." **3** Inabot ni Jesus ang kaniyang kamay at hinawakan siya na nagsasabin, "Nais ko. Maging malinis ka." Agad siyang nalinis sa kaniyang ketong. **4** Sinabi sa kaniya ni Jesus, "Huwag mo itong sabihin kahit kanino man. Humayo ka sa iyong daan at magpakita ka sa pari at ihandog mo ang kaloob na iniutos ni Moises, bilang patotoo sa kanila." **5** Pagpasok ni Jesus sa Capernaum, isang senturion ang lumapit at kumausap sa kaniya **6** na nagsasabin, "Panginoon, ang aking lingkod ay nakaratay sa bahay, paralisado at lubhang nahihirapan." **7** Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Pupunta ako at pagagalingin ko siya." **8** Sumagot ang senturion at sinabing, "Panginoon, hindi ako karapat-dapat na papasukin ka sa ilalim ng aking bubong, sabihin mo lamang ang salita at gagaling na ang aking lingkod. **9** Sapagkat ako ma'y isang taong nasa ilalim ng kapangyarihan at may mga kawal ako na napapasailalim sa akin. Sinasabi ko sa isa, 'Humayo ka' at siya ay humayo, sa isa 'Halika' at siya ay lalapit at sa aking lingkod 'Gawin mo ito' at ginawa nga niya." **10** Nang marinig ito ni Jesus, siya ay namangha at kaniyang sinabi sa mga taong sumusunod sa kaniya, "Totoo ito sasabihin ko sa inyo, hindi pa ako nakakita ng may ganitong pananampalataya sa Israel. **11** Sinasabi ko sa inyo, maraming darating mula sa silangan at kanluran at sila ay sasandal sa mesa ni Abraham, Isaac at Jacob sa kaharian ng langit. **12** Ngunit ang mga anak ng kaharian ay ipatatapon sa kadiliman sa labas na kung saan may pagtangis at pagngangalit ng ngipin." **13** Sinabi ni Jesus sa senturion, "Humayo ka! Mangyari sa iyo ang naaayon sa iyong pinaniwalaan." At gumaling nga ang kaniyang lingkod sa ganap na oras na iyon. **14** Pagkarating ni Jesus sa bahay ni Pedro, nakita niya ang biyenang babae ni Pedro na nakahiga at nilalagnat. **15** Hinawakan ni Jesus ang kaniyang kamay at inibsan siya ng lagnat. Bumangon siya at nagsimulang maglingkod sa kaniya. **16** Nang sumapit ang gabi, dinala ng mga tao kay Jesus ang maraming taong sinapian ng mga demonyo. Pinalayas niya ang mga espiritu sa pamamagitan ng salita at pinagaling niya ang lahat ng may sakit. **17** Sa ganitong paraan natupad ang sinabi ni Isaias na propeta, "Kinuha niya ang ating mga sakit at dinala ang ating mga karamdaman." **18** Ngayon, nang nakita ni Jesus ang maraming tao sa paligid niya, nagbigay siya ng mga tagubilin na aalis siya upang magpunta sa kabilang ibayo ng Dagat ng Galilea. **19** At may lumapit na eskriba sa kaniya at nagsabi, "Guro, susunod ako sa iyo saan ka man magpunta." **20** Sinabi ni Jesus sa kaniya, "May mga lungga ang mga asong-gubat, may mga pugad ang mga ibon sa himpapawid, ngunit ang Anak ng Tao ay wala man lamang lugar na mapagsandalan ng kaniyang ulo." **21** May ibang alagad din ang nagsabi sa kaniya, "Panginoon, payagan mo akong ilibing muna ang aking ama." **22** Ngunit sinabi ni Jesus sa kaniya, "Sumunod ka sa akin, hayaan mong ang patay ang maglibing sa sarili nilang patay." **23** Nang sumakay na si Jesus sa bangka, sumunod sa kaniya ang mga alagad niya. **24** Masdan ito, nagkaroon ng isang malakas na bagyo sa dagat kaya natabunan ng mga alon ang bangka. Ngunit natutulog si Jesus. **25** Pumunta sa kaniya ang kaniyang mga alagad at siya ay ginising nila na nagsasabi, "Iligtas mo tayo, Panginoon, mamamatay na tayo!" **26** Sinabi ni Jesus sa kanila, "Bakit kayo natatakot, kayong maliit ang pananampalataya?" At bumangon si Jesus at sinaway ang mga hangin at ang dagat. At nagkaroon ng labis na katahimikan. **27** Namangha ang mga lalaki at sinabi nila, "Anong uring tao ito, maging ang dagat at

hangin ay sumusunod sa kaniya?" 28 Nang dumating si
Jesus sa kabilang dako, sa bayan ng mga Gadareno, may
sumalubong sa kaniya na dalawang lalaki na sinapian ng
mga demonyo. Galing sila sa mga libingan at lubhang
napakarahas kaya walang mga manlalakbay ang nakararaan
sa daan na iyon. 29 Masdan ito, sumigaw sila at nagsabi,
"Ano ang pakialam namin sa iyo, Anak ng Diyos? Naparito
ka ba upang kami ay pahirapan bago ang itinakdang oras?"
30 Ngayon, may kawan ng mga baboy ang nanginginain
doon sa hindi kalayuan sa kinarorooonan nila. 31 Patuloy na
nagmakaawa kay Jesus ang mga demonyo at nagsasabing,
"Kung paaalisin mo kami, ipadala mo kami at papasukin
sa kawan ng mga baboy." 32 Sinabi ni Jesus sa kanila,
"Pumunta kayo!" Lumabas ang mga demonyo at pumasok
sa mga baboy. At masdan ito, nagmadali ang mga baboy
pababa sa isang matarik na burol sa dagat at namatay
silang lahat sa tubig. 33 Ang mga lalaking nag-aalaga sa
mga baboy ay nagsitakbuhan. Nagpunta sila sa lungsod at
ipinamalita ang lahat, lalo na ang nangyari sa mga lalaking
sinapian ng mga demonyo. 34 Masdan ito, lahat ng lungsod
ay nagpunta upang makita si Jesus. At nang makita nila
siya, nagmakaawa sila na umalis siya sa kanilang rehiyon.

**9** Sumakay si Jesus sa bangka, tumawid sa kabilang
dako, at nakarating sa kaniyang lungsod. 2 Masdan
ito, dinala nila sa kaniya ang isang lalaking paralisado na
nakaratay sa isang higaan. Nang nakita niya ang kanilang
pananampalataya, sinabi ni Jesus sa paralisado, "Anak,
magalak ka. Ang iyong mga kasalanan ay napatawad na."
3 Masdan ito, may ilan sa mga eskriba ang nagsabi sa
kanilang mga sarili, "Ang taong ito ay lumalapastangan sa
Diyos," 4 Batid ni Jesus ang mga nasa isip nila at sinabi,
"Bakit kayo nag-iisip ng masama sa inyong mga puso? 5
Sapagkat alin ba ang mas madaling sabihin, 'Napatawad na
ang iyong mga kasalanan' o ang sabihin, 'Tumayo ka at
lumakad'? 6 Ngunit para malaman ninyo na ang Anak ng
Tao ay may kapangyarihan na magpatawad ng kasalanan
dito sa lupa, ..." sinabi niya sa paralisado, "Tumayo ka,
buhatin mo ang iyong higaan, at umuwi ka sa iyong bahay."
7 Pagkatapos ay tumayo ang lalaki at umuwi sa kaniyang
bahay. 8 Nang makita ito ng napakaraming tao, namangha
sila at nagpuri sa Diyos, na siyang nagbigay ng ganoong
kapangyarihan sa mga tao. 9 Nang si Jesus ay umalis mula
doon, nakita niya ang lalake na nagngangalang Mateo na
nakaupo sa lugar ng paningilan ng buwis. Sinabi niya sa
kaniya, "Sumunod ka sa akin." Tumayo siya at sumunod
sa kaniya. 10 Habang nakaupo si Jesus upang kumain sa
bahay, masdan ito, dumating ang maraming mga maniningil
ng buwis at mga makasalanang tao at nakisalo sila kay
Jesus at sa mga alagad niya. 11 Nang makita ito ng mga
Pariseo, sinabi nila sa kaniyang mga alagad, "Bakit ang
iyong guro ay kumakain kasama ng mga maniningil ng buwis
at mga taong makasalan?" 12 Nang marinig ito ni Jesus,
sinabi niya," Hindi nangangailangan ng manggagamot ang
mga taong may malalakas na pangangatawan, iyon lamang
may mga sakit. 13 Dapat kayong humayo at unawain ang ibig
sabihin nito, 'Nais ko ay habag at hindi alay.' Sapagkat ako
ay pumarito, hindi upang tawagin ang matuwid na magsisi,
kundi ang mga makasalanan." 14 Pagkatapos ay pumunta
ang mga alagad ni Juan sa kaniya at sinabi, bakit kami at
ang mga Pariseo ay madalas na nag-aayuno, ngunit ang
iyong mga alagad ay hindi nag-aayuno? 15 Sinabi ni Jesus
sa kanila, "Malungkot ba ang mga panauhin habang kasama
pa nila ang lalaking ikakasal? Ngunit darating ang mga araw
na kukunin na sa kanila ang lalaking ikakasal at saka sila
mag-aayuno. 16 Walang tao ang maglalagay ng bagong
tela sa lumang damit, sapagkat pupunitin lamang ng tagpi
ang bagong damit, at gagawa lamang ito ng mas malalang
punit. 17 Ni walang taong maglalagay ng bagong alak sa
lumang sisidlang balat. Kung ito ay gagawin, puputok ang
sisidlang balat at matatapon lang ang alak, at ang sisidlang
balat ay masisira. Sa halip, ilalagay nila ang bagong alak
sa bagong sisidlang balat, at pareho silang magtatagal."
18 Habang sinasabi ni Jesus ang mga bagay na ito sa
kanila, masdan ito, dumating ang isang opisyal at lumuhod
sa kaniya. At nagsabi, "Kamamatay pa lamang ng aking
anak na babae, ngunit sumama ka at ipatong mo ang iyong
kamay sa kaniya, at siya ay mabubuhay." 19 Pagkatapos ay
tumayo si Jesus at sumunod sa kaniya, at ganoon din ang
ginawa ng kaniyang mga alagad. 20 Masdan ito, may isang
babae na dinudugo ng malala sa loob ng labindalawang
taon ang lumapit sa likuran ni Jesus at hinawakan ang
laylayan ng kaniyang damit. 21 Sapagkat sinabi niya sa
kanyang sarili, "Kung mahawakan ko lamang ang kaniyang
damit, ay gagaling na ako." 22 Ngunit lumingon si Jesus at
nakita siya at sinabi, "Anak, magpakatatag ka. Pinagaling
ka ng iyong pananampalataya." At agad na gumaling ang
babae. 23 Nang dumating si Jesus sa bahay ng opisyal
nakita niya ang mga tumutugtog ng plauta at ang mga tao na
gumagawa ng matinding ingay. 24 Sinabi niya, "Umalis kayo,
sapagkat hindi patay ang babae kundi natutulog lamang."
Ngunit siya ay pinagtawanan nila nang may pangungutya.
25 Noong napalabas na ang mga tao, pumasok siya sa
silid at hinawakan niya ito sa kamay at ang batang babae
ay bumangon. 26 Ang balita tungkol dito ay kumalat sa
buong rehiyon na iyon. 27 Habang papalayo si Jesus mula
roon, dalawang bulag na lalaki ang sumunod sa kaniya.
Patuloy silang sumisigaw at nagsasabi, "Maawa ka sa amin,
Anak ni David!" 28 Nang dumating si Jesus sa bahay,

lumapit ang mga bulag sa kaniya. Sinabi ni Jesus sa kanila,
“Naniniwala ba kayo na magagawa ko ito?” Sinabi nila sa
kanya, “Opo, Panginoon.” 29 At hinawakan ni Jesus ang
kanilang mga mata at sinabi, “Mangyari ito sa inyo ayon sa
inyong pananampalataya.” 30 At nabuksan ang kanilang
mga mata. Pagkatapos ay mahigpit silang pinagbilinan ni
Jesus, “Tiyakin ninyo na walang makakaalam tungkol dito.”
31 Ngunit lumabas ang dalawang lalake at ikinalat ang
balitang ito sa buong rehiyon. 32 Habang papalayo ang
dalawang lalaki, masdan ito, isang lalaking pipi na sinapian
ng demonyo ang dinala kay Jesus. 33 Nang mapalayas
na ang demonyo, ang lalaking pipi ay nakapagsalita. Ang
mga tao ay namangha at nagsabi, “Kailan man ay hindi
pa ito nakita sa Israel!” Ngunit sinabi ng mga Pariseo, 34
“Sa pamamagitan ng pinuno ng mga demonyo, siya ay
nakapagpapalayas ng mga demonyo.” 35 Pumunta si Jesus
sa lahat ng mga lungsod at mga nayon. Nagpatuloy siyang
nagtuturo sa kanilang mga sinagoga, ipinangangaral ang
mabuting balita ng kaharian, at pinapagaling niya ang lahat
ng mga uri ng karamdaman at ang lahat ng uri ng sakit.
36 Nang makita niya ang napakaraming tao, nahabag siya
sa kanila, dahil sila ay naguguluhan at pinanghihinaan ng
loob. Para silang tupang walang pastol. 37 Sinabi niya sa
kaniyang mga alagad, “Marami ang aanihin ngunit kakaunti
ang manggagawa. 38 Kaya madaliin ninyong idalangin sa
Panginoon ng pag-aani, upang makapagpadala siya ng mga
manggagawa sa kaniyang anihan.”

**10** Tinawag ni Jesus ang kaniyang labindalawang alagad
nang magkakasama at binigyan sila ng kapangyarihan
laban sa mga masasamang espiritu, upang palayasin ang
mga ito, at upang pagalingin ang lahat ng uri ng karamdaman
at lahat ng uri ng sakit. 2 Ngayon ito ang mga pangalan
ng labindalawang apostol: Ang una, si Simon (na siya ring
tinatawag niyang Pedro), at si Andres na kaniyang kapatid;
si Santiago na anak ni Zebedeo, at si Juan na kaniyang
kapatid; 3 si Felipe, at si Bartolome; si Tomas, at si Mateo
na maniningil ng buwis; si Santiago na anak ni Alpeo, at si
Tadeo; 4 si Simon na Makabayan, at si Judas Escariote
na siyang magkakanulo sa kaniya. 5 Ipinadala ni Jesus
ang labindalawang ito. Tinagubilinan niya ang mga ito at
sinabi, “Huwag kayong pumunta sa alin mang lugar na
tinitirhan ng mga Gentil, at huwag kayong papasok sa alin
mang bayan ng mga Samaritano. 6 Sa halip, pumunta
kayo sa mga nawawalang tupa sa sambahayan ng Israel.
7 At sa pagpunta ninyo, ipangaral ninyo at sabihing, 'Ang
kaharian ng langit ay nalalapit na.' 8 Pagalingin ninyo ang
may sakit, buhayin ang patay, linisin ang mga ketongin,
at palayasin ang mga demonyo. Tumanggap kayo nang
walang bayad, ipamigay ninyo nang walang bayad. 9
Huwag kayong magdala ng anumang ginto, pilak o tanso
sa inyong mga pitaka. 10 Huwag kayong magdala ng
panglakbay na lalagyan, o dagdag na tunika, ni sandalyas,
o di kaya'y tungkod, sapagkat nararapat sa manggagawa
ang kaniyang pagkain. 11 Anumang lungsod o nayon ang
inyong mapuntahan, hanapin ninyo ang karapat-dapat at
manatili kayo doon hanggang sa kayo ay aalis. 12 Pagpasok
ninyo sa bahay, batiin ninyo ang mga nandoon. 13 Kung ang
bahay ay karapat-dapat, pumaroon ang inyong kapayapaan.
Ngunit kung ito ay hindi karapat-dapat, hayaan ninyong
bumalik ang inyong kapayapaan sa inyo. 14 Sa mga hindi
naman tumatanggap sa inyo o nakikinig sa inyong mga
salita, kapag kayo ay umalis sa bahay o lungsod na iyon,
pagpagin ninyo ang mga alikabok mula sa inyong mga paa.
15 Totoo itong sinasabi ko sa inyo, mas mapagtitiisan pa ang
lupain ng Sodoma at Gomorra sa araw ng paghuhukom
kaysa sa lungsod na iyon. 16 Tingnan ninyo, ipadadala ko
kayo na parang mga tupa sa kalagitnaan ng mga asong
lobo, kaya maging marunong kayo tulad ng mga ahas at
hindi mapanakit tulad ng mga kalapati. 17 Mag-ingat kayo sa
mga tao! Dadalhin nila kayo sa mga konseho, at hahagupitin
nila kayo sa kanilang mga sinagoga. 18 At kayo ay dadalhin
at ihaharap sa mga gobernador at mga hari dahil sa akin,
bilang patotoo sa kanila at sa mga Gentil. 19 Kapag dinala
nila kayo, huwag kayong mabahala kung paano o kung ano
ang inyong sasabihin, sapagkat ibibigay sa inyo ang mga
dapat ninyong sabihin sa oras na iyon. 20 Sapagkat hindi
kayo ang magsasalita subalit ang Espiritu ng inyong Ama
ang siyang magsasalita sa inyo. 21 Dadalhin ng kapatid ang
kaniyang kapatid sa kamatayan, at ang ama sa kaniyang
anak. Sasalungat ang mga anak laban sa kanilang mga
magulang at ipapapatay nila sila. 22 Kamumuhian kayo
ng lahat dahil sa aking pangalan. Ngunit sinuman ang
makapagtitiis hanggang huli, ang taong iyon ay maliligtas.
23 Kapag inusig nila kayo sa lungsod na ito, tumakas kayo
sa kabila, sapagkat totoo itong sinasabi ko sa inyo, hindi
ninyo matatapos na puntahan ang mga lungsod ng Israel
bago dumating ang Anak ng Tao. 24 Ang alagad ay hindi
nakahihigit sa kaniyang guro, ni mas mataas ang lingkod
sa kaniyang amo. 25 Sapat na ang alagad ay maging
katulad ng kaniyang guro, at ang lingkod na katulad ng
kaniyang amo. Kung tinawag nilang Beelzebub ang amo
ng bahay, gaano pa kaya nila ipapahiya ang buo niyang
sambahayan! 26 Samakatwid huwag ninyo silang katakutan,
sapagkat walang lihim ang hindi nabubunyag, at walang
natatago na hindi malalaman. 27 Ang sinabi ko sa inyo
sa kadiliman ay sabihin sa liwanag, at kung anong narinig
ninyo ng mahina sa inyong tainga, ipahayag sa ibabaw
ng mga bubungan. 28 Huwag kayong matakot sa mga

pumapatay ng katawan ngunit walang kakayahang pumatay
ng kaluluwa. Sa halip, matakot kayo sa kaniya na kayang
makapupuksa ng kaluluwa at katawan sa impyerno. **(Geenna
g1067)** **29** Hindi ba ang dalawang maya ay ibinenta sa isang
baryang maliit ang halaga? Ngunit wala ni isa sa kanila ang
nalaglag sa lupa na hindi nalalaman ng Ama. **30** At kahit na
ang mga buhok ng inyong ulo ay bilang lahat. **31** Huwag
kayong matakot. Mas mahalaga kayo kaysa sa maraming
maya. **32** Samakatwid ang lahat na kumikilala sa akin sa
harap ng mga tao ay kikilalanin ko din sa harap ng Ama
na nasa langit. **33** Ngunit ang magtanggi sa akin sa harap
ng mga tao ay itatanggi ko din sa harap ng aking Ama na
nasa langit. **34** Huwag ninyong isipin na pumarito ako sa
lupa upang magbigay ng kapayapaan. Hindi ako dumating
upang magbigay ng kapayapaan, kundi isang espada. **35**
Sapagkat naparito ako upang paglabanin ang isang lalaki sa
kaniyang ama, at ang anak na babae laban sa kaniyang
ina, at ang manugang na babae laban sa kaniyang biyenan
na babae. **36** Ang magiging kaaway ng tao ay kaniyang
sariling sambahayan. **37** Ang nagmamahal sa kaniyang
ama at ina nang higit sa akin ay hindi karapat-dapat sa
akin. Ang nagmamahal sa kaniyang anak na lalaki at babae
nang higit sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. **38** Ang
hindi nagbubuhat ng kaniyang krus at sumunod sa akin
ay hindi karapat-dapat sa akin. **39** Ang naghahanap ng
kaniyang buhay ay mawawalan nito. Ngunit ang mawawalan
ng buhay nang dahil sa akin ay makahahanap nito. **40**
Ang tumatanggap sa inyo ay tumatanggap sa akin, at ang
tumatanggap sa akin ay tumatanggap din sa kaniya na
nagsugo sa akin. **41** Ang tumatanggap sa isang propeta
dahil isang propeta siya ay makatatanggap ng gantimpalan
ng isang propeta. At siya na tumatanggap sa isang matuwid
na tao dahil matuwid na tao siya ay makatatanggap ng
gantimpala ng isang matuwid na tao. **42** Sinuman ang
magbibigay sa isa sa mga hamak na mga ito, kahit na isang
basong malamig na tubig upang inumin, dahil isa siyang
alagad, totoo itong sasabihin ko sa inyo, hindi maaring
mawala sa kaniya ang kaniyang gantimpala."

**11** Nangyari nang matapos tagubilinan ni Jesus ang
labingdalawa niyang alagad, umalis siya mula doon
upang magturo at mangaral sa kanilang mga lungsod. **2**
Ngayon, nang marinig ni Juan mula sa bilangguan ang
mga bagay tungkol sa mga gawa ng Cristo, nagpadala siya
ng mensahe sa pamamagitan ng kaniyang mga alagad **3**
at sinabi nito sa kaniya, "Ikaw na nga ba Ang Darating
o mayroon pang ibang tao na dapat naming hanapin?"
**4** Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, "Humayo kayo
at iulat ninyo kay Juan kung ano ang inyong nakita at
narinig. **5** Ang mga bulag ay nakatatanggap ng paningin,
nakapaglalakad ang mga lumpo, ang mga may ketong ay
nagiging malinis, ang mga bingi ay nakaririnig nang muli,
ang mga patay ay muling binuhay, at ang mga mahihirap ay
nasabihan na tungkol sa mabuting balita. **6** At pinagpala
ang sinumang hindi makahahanap ng katitisuran sa akin." **7**
Habang nagtungo ang mga lalaking ito sa kanilang daan,
sinimulang sabihin ni Jesus sa mga tao ang tungkol kay
Juan, "Ano ang nilabas ninyo sa ilang para makita—isang
tambo na inaalog-alog ng hangin? **8** Ngunit ano ang nilabas
ninyo para makita—isang lalaki na nakasuot ng malambot
na kasuotan? Totoo nga, ang nagsusuot lamang ng ganoong
kasuotan ay iyong naninirahan sa bahay ng mga hari. **9**
Ngunit ano ang nilabas ninyo para makita—isang propeta?
Oo, sinasabi ko sa inyo at mas higit pa sa isang propeta. **10**
Siya itong sinasabi sa naisulat, 'Tingnan ninyo, ipadadala
ko ang aking mensahero na mauuna sa iyo na siyang
maghahanda ng iyong daan.' **11** Sinasabi ko sa inyo,
totoo nga na sa lahat ng mga ipinanganak ng mga babae,
walang nakahihigit kay Juan na Tagapagbautismo. Ngunit
ang pinakahamak na tao sa kaharian ng langit ay mas
dakila kaysa sa kaniya. **12** Mula sa mga araw ni Juan na
Tagapagbautismo hanggang ngayon, ang kaharian ng langit
ay nagdurusa sa karahasan at sapilitan itong kinukuha ng
mga taong mararahas. **13** Sapagkat lahat ng mga propeta at
ang kautusan ay patuloy na nagpapahayag hanggang kay
Juan. **14** At kung nakahanda kayong tanggapin ito, ito ay
si Elias na paparating. **15** Ang may taingang pandinig ay
makinig. **16** Saan ko dapat ihalintulad ang salinlahing ito?
Tulad nito ay mga batang naglalaro sa may pamilihan, na
nakaupo at tinatawag ang isa't isa **17** at magsasabi, 'Kami ay
tumugtog ng plauta para sa inyo ngunit hindi kayo nagsayaw.
Kami ay nagluksa ngunit hindi kayo tumangis.' **18** Sapagkat
dumating si Juan na hindi kumakain ng tinapay ni umiinom ng
alak, at sasabihin nilang, 'May demonyo siya.' **19** Ang Anak
ng Tao ay dumating na kumakain at umiinom at sinasabi
nilang, 'Tingnan ninyo, siya ay napakatakaw na tao at
lasenggero, kaibigan ng mga maniningil ng buwis at ng mga
makasalanan!' Ngunit ang karunungan ay napawalang-sala
sa pamamagitan ng kaniyang mga gawa." **20** At sinimulang
sawayin ni Jesus ang mga lungsod kung saan nangyari
ang karamihan sa mga makapangyarihan niyang gawa
dahil sila ay hindi nagsisi. **21** "Sa aba mo, Korazin! Sa aba
mo, Bethsaida! Kung ang mga makapangyarihang gawa
na ginawa sa inyo ay nangyari sa Tiro at Sidon, noon pa
man nagsisi na sana sila sa pamamagitan ng sako at mga
abo. **22** Ngunit mas mapagtitiisan pa ang Tiro at Sidon sa
araw ng paghuhukom kaysa sa inyo. **23** Ikaw, Capernaum,
sa tingin mo ba ay maitataas ka sa langit? Hindi, ikaw ay
maibababa sa hades. Kung sa Sodoma ginawa ang mga

makapangyarihang gawa na ginawa sa iyo, nananatili pa
sana magpahanggang ngayon ang bayan na iyon. **(Hadēs
g86)** **24** Ngunit sinasabi ko sa iyo na mas magiging madali pa
para sa lupain ng Sodoma sa araw ng paghuhukom kaysa
sa iyo." **25** Nang mga oras na iyon sinabi ni Jesus, "Pinupuri
kita, Ama, Panginoon ng langit at lupa, dahil ikinubli mo
ang mga bagay na ito sa mga marurunong at nakauunawa
at iyong inihayag ang mga ito sa mga hindi nakapag-aral,
tulad ng mga maliliit na bata. **26** Oo, Ama, sapagkat ito
ang labis na nakalulugod sa iyong paningin. **27** Lahat ng
mga bagay ay ipinagkatiwala sa akin ng aking ama. At
walang nakakikilala sa Anak maliban sa Ama at walang
nakakikilala sa Ama maliban sa Anak, at sa kahit sinuman
na naisin ng Anak na ihayag ang Ama. **28** Lumapit kayo sa
akin, kayong lahat na nahihirapan at lubhang nabibigatan at
bibigyan ko kayo ng kapahingahan. **29** Dalhin ninyo ang
aking pamatok at matuto kayo sa akin sapagkat ako ay
mahinahon at may mapagpakumbabang puso at makakamit
ninyo ang kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa. **30**
Sapagkat madali ang aking pamatok at ang aking pasanin
ay magaan."

**12** Nang panahong iyon, sa Araw ng Pamamahinga,
napadaan si Jesus sa mga triguhan. Ang kaniyang
mga alagad ay nagutom at nag-umpisa silang pumitas ng
mga uhay at kinain iyon. **2** Ngunit nang makita ito ng mga
Pariseo, sinabi nila kay Jesus, "Tingnan mo, ang iyong mga
alagad ay gumagawa ng labag sa kautusan sa Araw ng
Pamamahinga." **3** Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila, "Hindi ba
ninyo nabasa ang ginawa ni David nang siya ay nagutom at
pati ang mga lalaking kasama niya? **4** Kung paano siya
pumasok sa tahanan ng Diyos at kinain ang tinapay na
handog, na labag sa kautusan na kainin niya at labag sa
kautusan na kainin din ng kaniyang mga kasama, ngunit
nararapat lamang sa mga pari? **5** At hindi ba ninyo nabasa
sa kautusan na sa Araw ng Pamamahinga, ang mga pari sa
templo ay nilalapastanganan ang Araw ng Pamamahinga
ngunit hindi nagkakasala? **6** Ngunit sinasabi ko sa inyo na
ang mas dakila sa templo ay narito. **7** At kung alam sana
ninyo ang ibig sabihin nito, 'Ang nais ko ay habag at hindi
handog,' hindi sana ninyo hinatulan ang walang kasalanan.
**8** Sapagkat ang Anak ng Tao ay Panginoon ng Araw ng
Pamamahinga." **9** Pagkatapos, umalis si Jesus mula doon at
pumasok sa kanilang sinagoga. **10** Masdan ito, may isang
lalake na tuyot ang kamay. Nagtanong ang mga Pariseo kay
Jesus, at sinabi, "Naaayon ba sa kautusan ang magpagaling
sa Araw ng Pamamahinga?" upang siya ay maparatangan
nila ng pagkakasala. **11** Sinabi ni Jesus sa kanila, "Sino
kaya sa inyo, na kung mayroon siyang nag-iisang tupa, at
nahulog ang tupang ito sa malalim na butas sa Araw ng
Pamamahinga ay hindi ito iaahon sa butas para ilabas? **12**
Gaano pa kaya kahalaga ang isang tao kaysa sa isang tupa.
Kaya hindi labag sa kautusan ang paggawa ng mabuti sa
Araw ng Pamamahinga." **13** At sinabi ni Jesus sa lalaki,
"Iunat mo ang iyong kamay." Iniunat nga niya ito, at bumalik
ang dating kalusugan nito, gaya ng kaniyang isang kamay.
**14** Ngunit lumabas ang mga Pariseo at nagsabwatan laban
sa kaniya. Naghahanap sila ng paraan kung paano siya
maipapatay. **15** Nang mapansin ito ni Jesus, lumayo siya
doon. Maraming tao ang sumunod sa kaniya, at pinagaling
niya silang lahat. **16** Sila ay pinagbilinan niya na huwag
ipapaalam sa iba ang tungkol sa kaniya, **17** ito ay upang
magkatotoo ang sinabi sa pamamagitan ni Isaias na propeta,
na nagsasabi, **18** "Tingnan ninyo, ang aking lingkod na
aking pinili; ang aking pinakamamahal, na siyang lubos na
kinalulugdan ng aking kaluluwa. Ilalagay ko sa kaniya ang
aking Espiritu, at ihahayag niya ang paghuhukom sa mga
Gentil. **19** Hindi siya magpupumilit o makikipagsigawan ng
malakas, ni walang sinumang makaririnig ng kaniyang tinig
sa mga lansangan. **20** Hindi niya babaliin ang anumang
tambong marupok; hindi rin niya papatayin ang kahit na
anong umuusok na pabilo, hanggang maipadala niya ang
paghuhukom sa katagumpayan. **21** At ang mga Gentil ay
magkakaroon ng pananalig sa kaniyang pangalan." **22**
Pagkatapos ay may isang tao na bulag at pipi na sinapian
ng demonyo ang dinala kay Jesus. Pinagaling niya ito at
ang lalaki ay nakapagsalita at nakakita. **23** Ang lahat ng
napakaraming tao ay namangha, at sinabi, "Anak kaya ni
David ang lalaking ito?" **24** Ngunit nang marinig ng mga
Pariseo ang mga himalang ito, kanilang sinabi, "Ang taong
ito ay hindi nakapagpapalayas ng mga demonyo maliban sa
pamamagitan ni Beelzebul, ang prinsipe ng mga demonyo. "
**25** Ngunit nalalaman ni Jesus ang kanilang mga iniisip at
sinabi sa kanila, "Ang bawat kahariang nahahati laban sa
kaniyang sarili ay magiging mapanglaw, at bawat lungsod
o bahay na nahahati laban sa kaniyang sarili ay hindi
mananatili. **26** Kung pinalalayas ni Satanas si Satanas, siya
ay nahahati laban sa kaniyang sarili. Paano mananatili ang
kaniyang kaharian? **27** At kung ako ay nagpapalayas ng
mga demonyo sa pamamagitan ni Beelzebul, sa kanino
pinalalayas ng inyong mga tagasunod ang mga demonyo?
Dahil dito, sila ang inyong magiging mga hukom. **28**
Ngunit kung ako ay nagpapalayas ng mga demonyo sa
pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, samakatuwid, ang
kaharian ng Diyos ay dumating na sa inyo. **29** Paano
malolooban ng sinuman ang bahay ng isang malakas na tao
at nanakawin ang kaniyang mga pag-aari na hindi muna
igagapos ang malakas na tao? Saka pa niya nanakawin
ang kaniyang mga pag-aari sa kaniyang bahay. **30** Ang

sinuman na hindi kasapi ko ay laban sa akin, at sino man
ang hindi nagtitipong kasama ko ay nagkakalat. **31** Kung
gayon ay sinasabi ko sa inyo, ang lahat ng kasalanan at
kalapastangan sa tao ay mapapatawad. Ngunit ang lahat
ng kalapastanganan sa Espiritu ay hindi mapapatawad. **32**
Sinumang magbigkas ng anumang salita laban sa Anak ng
Tao, siya ay mapapatawad. Ngunit sinumang magsasalita
laban sa Banal na Espiritu, siya ay hindi mapapatawad,
maging dito sa mundo o sa darating. **(aiōn g165)** **33** O gawing
mabuti ang puno at ang bunga nito ay mabuti, o gawing
masama ang puno at ang bunga nito ay masama, sapagkat
makikilala ang bawat puno ayon sa bunga nito. **34** Kayong
mga anak ng mga ulupong, dahil kayo ay masama, paano
kayo magsasabi ng mga mabubuting bagay? Sapagkat
kung ano ang nilalaman ng puso ay siyang binibigkas ng
bibig. **35** Ang mabuting tao mula sa mabuting kayamanan ng
kaniyang puso ay naglalabas ng mabuti at ang masamang
tao na may masamang kayamanan sa kaniyang puso ay
naglalabas ng masama. **36** At sinasabi ko sa inyo na sa araw
ng paghuhukom, ang mga tao ay mananagot sa bawat salita
na kanilang binitawan na walang kabuluhan. **37** Sapagkat sa
iyong mga salita ikaw ay mapapawalang-sala, at sa iyong
mga salita ikaw ay parurusahan." **38** At sumagot ang ilang
mga eskriba at Pariseo kay Jesus at sinabi, "Guro, nais
naming makakita ng palatandaan mula sa iyo," **39** Ngunit
sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, "Isang masama at
mapangalunyang salinlahi ang naghahanap ng palatandaan.
Ngunit walang ibibigay na palatandaan sa kaniya maliban sa
palatandaan ni Jonas na propeta. **40** Sapagkat gaya ni Jonas
na tatlong araw at tatlong gabi sa tiyan ng malaking isda,
gayundin na ang Anak ng Tao ay tatlong araw at tatlong gabi
na nasa ilalim ng lupa. **41** Ang mga tao sa Nineve ay tatayo
sa paghuhukom kasama ng salinlahing ito at parurusahan
ito. Sapagkat sila ay nagsisi sa pangangaral ni Jonas, at
tingnan ninyo, ang narito ay mas dakila kay Jonas. **42** Ang
Reyna ng Timog ay tatayo sa paghuhukom kasama ng mga
tao ng salinlahing ito at parurusahan ito. Naglakbay siya
mula sa dulo ng mundo upang dinggin ang karunungan ni
Solomon, at tingnan ninyo, ang narito ay mas dakila kay
Solomon. **43** Kung ang isang masamang espiritu ay umalis
sa isang tao, siya ay dadaan sa lugar na walang tubig, at siya
ay maghahanap ng mapagpapahingahan, ngunit hindi niya
ito mahanap. **44** At sasabihin nitong, 'Ako ay babalik sa dati
kong tahanan kung saan ako nanggaling.' Nang makabalik,
nakita niya ang bahay na malinis at maayos. **45** Siya ay aalis
at magsasama ng pito pang espiritu na mas masama pa
sa kaniya at silang lahat ay papasok at maninirahan doon.
At ang kalagayan ng taong iyon ay magiging mas malala
pa kaysa sa dati. Katulad ng masasamang salinlahing ito."
**46** Habang nagsasalita pa si Jesus sa napakaraming tao,
masdan ito, ang kaniyang ina at mga kapatid ay nakatayo
sa labas, hinahanap siya upang kausapin. **47** May nagsabi
sa kaniya, "Tingnan mo, ang iyong ina at ang iyong mga
kapatid na lalaki ay nakatayo sa labas, hinahanap ka upang
makausap." **48** Ngunit sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya,
"Sino ang aking ina? At sino ang aking mga kapatid?" **49**
Pagkatapos iniunat niya ang kaniyang kamay sa kaniyang
mga alagad at sinabi, "Tingnan ninyo, nandito ang aking
ina at ang aking mga kapatid! **50** Sapagkat ang sinumang
gumagawa sa kagustuhan ng aking Amang nasa langit, ang
taong iyon ay aking kapatid at ina."

**13** Sa araw na iyon ay lumabas ng bahay si Jesus at
umupo sa tabi ng dagat. **2** May napakaraming bilang
ng tao ang pumalibot sa kaniya kaya sumakay siya sa
isang bangka at umupo doon. Ang lahat ng tao ay tumayo
sa dalampasigan. **3** At nagsabi si Jesus sa kanila ng
maraming bagay sa pamamagitan ng talinghaga. Kaniyang
sinabi, "Masdan ito, isang manghahasik ang lumabas upang
maghasik. **4** Sa kaniyang paghahasik, nahulog ang ilang
mga binhi sa tabi ng daan, dumating ang mga ibon at kinain
ang mga ito. **5** Ang ibang mga binhi naman ay nahulog sa
mabatong lupa kung saan kakaunti lamang ang lupa. Ang
mga ito ay mabilis na tumubo sapagkat mababaw lamang
ang lupa. **6** Ngunit nang sumikat na ang araw, ang mga ito
ay natuyo dahil wala itong mga ugat, at nalanta ang mga ito.
**7** Ang ibang mga binhi ay nahulog sa may mga matitinik na
halaman. Lumaki ang mga halamang may tinik at sinakal
ang mga ito. **8** Ang ibang mga binhi ay nahulog sa mabuting
lupa at ang mga ito ay namunga, ang iba ay tig-iisandaan,
ang iba ay tig-aanimnapu, at ang iba ay tigtatatlumpu. **9**
Ang may taingang pandinig, ay makinig." **10** Dumating ang
mga alagad at sinabi kay Jesus, "Bakit mo kinakausap
ang mga tao sa pamamagitan ng mga talinghaga?" **11**
Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, "Nabigyan kayo ng
pribilehiyo ng pagkaunawa sa mga hiwaga ng kaharian ng
langit, ngunit sa kanila ay hindi naibigay. **12** Dahil kung
sinuman ang mayroon na ay higit pang mabibigyan at siya
ay magkakaroon ng sagana. Ngunit ang sinuman na wala,
kukunin sa kaniya maging ang tanging mayroon siya. **13**
Kaya kinakausap ko sila sa pamamagitan ng mga talinghaga,
sapagkat kahit na sila ay nakakakita, hindi sila tunay na
nakakakita. At bagaman nakaririnig sila ay hindi naman sila
tunay na nakaririnig, ni hindi sila makaunawa. **14** Sa kanila
natupad ang propesiya ni Isaias, na nagsasabi, 'Habang
pinakikinggan ay inyong maririnig, ngunit hindi ninyo talaga
maintindihan; habang tinitingnan ay inyong nakikita, ngunit
hindi ninyo talaga maunawaan. **15** Sapagkat ang puso ng
mga taong ito ay naging mapurol, at hirap sila sa pakikinig, at

ipinikit nila ang kanilang mga mata upang hindi sila makakita
sa kanilang mga mata, o makarinig sa kanilang mga tainga,
o makaintindi sa kanilang mga puso, upang sila ay babalik
muli at sila ay aking pagagalingin.' **16** Ngunit pinagpala ang
inyong mga mata, sapagkat ang mga ito ay nakakakita; at
ang inyong mga tainga, sapagkat ang mga ito ay nakakarinig.
**17** Totoo itong sinasabi ko sa inyo na maraming mga propeta
at mga taong matuwid ang ninais na makita ang mga bagay
na inyong nakikita, ngunit hindi nila ito nakita. Ninais nila na
marinig ang mga bagay na inyong naririnig, ngunit hindi
nila ito napakinggan. **18** Ngayon, makinig kayo sa talinghaga
ng manghahasik. **19** Kapag mapakinggan ng sinuman ang
salita ng kaharian ngunit hindi ito nauunawaan, darating
ang masama at nanakawin ang mga binhi na naihasik sa
kaniyang puso. Ito ay ang binhi na naihasik sa tabi ng
daan. **20** Siya na naihasik sa mabatong lupa ay siyang
nakakarinig sa salita at agad itong tinatanggap nang may
galak. **21** Gayunman wala siyang mga ugat at tumatagal
lamang ng panandalian. At kung ang kapighatian at pag-
uusig ay dumating dahil sa salita, siya ay agad nadadapa.
**22** Siya na naihasik sa may mga matitinik na halaman ay
nakaririnig ng salita, ngunit ang pagkabalisa sa mundo at
ang panlilinlang ng mga yaman ang siyang sumakal sa
salita, at hindi siya namunga. **(aiōn g165)** **23** Siya na naihasik
sa mabuting lupa ay siyang nakarinig sa salita at nakaunawa
dito. Siya ang tunay na namumunga at nagpapayabong
nito; ang ilan ay namunga ng tig-iisandaan, ang iba ay tig-
aanimnapu, at ang iba ay tig-tatatlumpu." **24** Nagkuwento si
Jesus ng isa pang talinghaga sa kanila. Sinabi niya, "Ang
kaharian ng langit ay tulad ng isang lalaking naghasik ng
mabuting binhi sa kaniyang bukid. **25** Ngunit habang tulog
ang mga tao, dumating ang kaniyang kaaway at naghasik
din ng mga damo kasama ng mga trigo saka umalis. **26**
Nang sumibol ang mga dahon at namunga ay lumitaw din
ang mga damo. **27** Dumating ang mga tagapaglingkod ng
may-ari ng lupa at sinabi sa kaniya, 'Ginoo, hindi ba mabuti
ang inihasik mong mga binhi sa iyong bukirin? Papaanong
nagkaroon ito ng mga damo?' **28** Sinabi niya sa kanila,
'Ginawa ito ng isang kaaway.' Sinabi ng mga tagapaglingkod
sa kaniya, 'Nais mo bang puntahan namin at bunutin ang
mga ito?' **29** Sinabi ng may-ari ng lupa, 'Huwag, sapagkat
kapag binunot ninyo ang mga damo, baka mabunot niyo din
ang mga trigo kasama nito. **30** Hayaan lang silang parehong
lumaki hanggang dumating ang anihan. Sa oras na nang
pag-aani ay sasabihin ko sa mga tagapag-ani na, "Unahin
ninyong bunutin ang mga damo at bigkisin ang mga ito
at inyong sunugin samantalang ang mga trigo naman ay
inyong ipunin sa aking kamalig.""" **31** Muling nagkuwento
si Jesus ng talinghaga sa kanila. Kaniyang sinabi, "Ang
kaharian ng langit ay tulad ng binhi ng mustasa na kinuha
ng isang tao at inihasik sa kaniyang bukid. **32** Tunay ngang
pinakamaliit ang binhing ito sa lahat ng ibang mga binhi.
Ngunit nang ito ay lumaki, naging mas malaki ito kaysa sa
mga halamang panghardin. Ito ay naging puno kaya ang
mga ibon sa himpapawid ay pumunta at namugad sa mga
sanga nito." **33** Muling nagsabi si Jesus ng talinghaga sa
kanila, "Ang kaharian ng langit ay tulad ng isang lebadura
na kinuha ng isang babae at inihalo sa tatlong takal ng
harina hanggang ito ay umalsa." **34** Ang lahat ng mga bagay
na ito ay sinabi ni Jesus sa mga tao sa pamamagitan ng
talinghaga. At kung hindi sa pamamagitan ng talinghaga ay
hindi siya nagsalita sa kanila. **35** Ito ay upang magkatotoo
ang mga nasabi sa pamamagitan ng mga propeta noong
sinabi niyang, "Bubuksan ko ang aking bibig sa pamamagitan
ng talinghaga, sasabihin ko ang mga bagay na naitago buhat
nang itatag ang mundo." **36** Pagkatapos ay iniwan ni Jesus
ang maraming tao at nagtungo sa isang bahay. Lumapit sa
kaniya ang kaniyang mga alagad at sinabi, "Ipaliwanag mo
sa amin ang talinghaga ng mga damo sa bukid." **37** Sumagot
si Jesus at sinabi, "Ang naghasik ng mabuting buto ay ang
Anak ng Tao. **38** Ang bukid ay ang mundo; at ang mabuting
binhi ay ang mga anak ng kaharian. Ang mga damo ay
ang mga anak ng masama, **39** at ang kaaway na naghasik
sa kanila ay ang diyablo. Ang pag-aani ay ang katapusan
ng mundo at ang mga tagapag-ani ay ang mga anghel.
**(aiōn g165)** **40** Kaya gaya ng mga damo na inipon at sinunog
sa apoy, ganun din sa katapusan ng mundo. **(aiōn g165)** **41**
Magpapadala ang Anak ng Tao ng kaniyang mga anghel at
titipunin nila sa labas ng kaniyang kaharian ang lahat ng
bagay na sanhi ng kasalanan at ang mga gumagawa ng
masama. **42** Itatapon nila ang mga ito sa pugon ng apoy na
kung saan mayroong mga iyakan at nagngangalit na ngipin.
**43** At ang mga matutuwid na tao ay magliliwanag tulad
ng araw sa kaharian ng kanilang Ama. Ang may taingang
pandinig ay makinig. **44** Ang kaharian ng langit ay tulad
sa isang kayamanang nakatago sa bukid. Natagpuan ito
ng isang tao at itinago. Sa kaniyang kagalakan ay umalis
siya at ibinenta niya lahat ng mayroon siya at binili ang
bukid na iyon. **45** Gayun din naman, ang kaharian ng langit
ay tulad ng isang mangangalakal na naghahanap ng mga
mahahalagang perlas. **46** Nang mahanap niya ang isang
perlas na may malaking halaga, umalis siya at ibinenta niya
lahat ng mayroon siya at binili ito. **47** Gayun din naman,
ang kaharian ng langit ay tulad ng isang lambat na inihagis
sa dagat at nakahuli ng iba't ibang uri ng lamang dagat.
**48** Nang ito ay napuno, hinila ito ng mga mangingisda sa
dalampasigan. Pagkatapos ay umupo sila at tinipon ang mga
mabuting bagay sa mga lalagyan, ngunit kanilang itinapon

ang mga bagay na walang pakinabang. 49 Ganito ang
mangyayari pagdating ng katapusan ng mundo. Darating
ang mga anghel at ihihiwalay ang masama sa mga matuwid.
(aiōn g165) 50 Sila ay itatapon nila sa pugon ng apoy na kung
saan mayroong mga iyakan at nagngangalit na ngipin. 51
Naiintindihan ba ninyo ang lahat ng mga bagay na ito?"
Sinabi ng mga alagad sa kaniya, "Oo." 52 At sinabi ni Jesus
sa kanila, "Kaya bawat eskriba na naging alagad ng kaharian
ng langit ay katulad ng isang tao na nagmamay-ari ng isang
bahay, na naglalabas ng luma at mga bagong bagay mula
sa kaniyang kayamanan." 53 At nangyari na nang matapos
ni Jesus ang mga talinghagang ito ay umalis na siya sa lugar
na iyon. 54 Pagkatapos ay pumasok si Jesus sa kaniyang
sariling rehiyon at nagturo sa mga tao sa kanilang mga
sinagoga. Ang kinalabasan nito ay namangha sila at sinabi,
"Saan kinuha ng taong ito ang kaniyang karunungan at saan
nagmula ang mga himalang ito? 55 Hindi ba siya ang anak
ng karpintero? Hindi ba't si Maria ang kaniyang ina? At
ang mga kapatid niya ay sina Santiago, Jose, Simon, at
Judas? 56 At hindi ba ang kaniyang mga kapatid na babae
ay kasama din natin? Kaya saan nakuha ng taong ito ang
lahat ng mga bagay na ito?" 57 Nasaktan sila nang dahil
sa kaniya. Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila, "Ang propeta
ay hindi nawawalan ng karangalan maliban sa kaniyang
sariling bansa o sa kaniyang sariling pamilya." 58 At hindi
siya gumawa ng maraming himala doon dahil sa kawalan
nila ng paniniwala.

**14** Nang mga panahon na iyon, narinig ni Herodes
na tetrarka ang mga balita tungkol kay Jesus. 2
Sinabi niya sa kaniyang mga lingkod, "Ito ay si Juan na
Tagapagbautismo, muli siyang nabuhay mula sa mga patay.
Kaya ang mga kapangyarihang ito ay gumagawa sa kaniya."
3 Sapagkat ipinadakip ni Herodes si Juan, iginapos siya
at inilagay sa bilangguan dahil kay Herodias na asawa ng
kapatid niyang si Felipe. 4 Sapagkat sinabi ni Juan sa
kaniya, "Labag sa batas na gawin mo siyang asawa mo."
5 Nais ni Herodes na siya ay ipapatay subalit natatakot
siya sa mga tao sapagkat itinuring nila itong propeta. 6
Ngunit noong dumating ang kaarawan ni Herodes, ang anak
na babae ni Herodias ay sumayaw sa gitna at nalugod si
Herodes. 7 Bilang tugon, nangako siya na may panunumpa
na ipagkakaloob ang anumang hihilingin nito. 8 Pagkatapos
matagubilinan ng kaniyang ina, sinabi niya, "Ibigay mo
sa akin dito, sa isang bandihado, ang ulo ni Juan na
Tagapagbautismo." 9 Lubhang nabalisa ang hari dahil sa
kaniyang kahilingan, ngunit dahil sa kaniyang sumpang
binitawan at dahil sa lahat ng naroon sa hapunan na kasama
niya, iniutos niya na ito ay mangyari. 10 Nag-utos siya at
pinapugutan ng ulo si Juan sa bilangguan. 11 Pagkatapos ay
dinala ang kaniyang ulong nasa bandihado at ibinigay sa
babae at dinala niya ito sa kaniyang ina. 12 Pagkatapos
nito ay dumating ang kaniyang mga alagad at kinuha ang
kaniyang bangkay at saka inilibing. Pagkatapos nito, umalis
sila at ibinalita ito kay Jesus. 13 Ngayon, nang marinig ito ni
Jesus, umalis siya mula roon sa pamamagitan ng bangka
at nagpunta sa isang liblib na lugar. Nang marinig ito ng
mga tao, sinundan siya ng mga ito na naglalakad mula sa
mga lungsod. 14 At dumating si Jesus na nauna sa kanila
at nakita ang maraming tao. Nahabag siya sa kanila at
pinagaling ang mga may sakit sa kanila. 15 Nang sumapit
ang gabi, lumapit ang mga alagad sa kaniya at sinabi, "Ito
ay ilang na lugar at natapos na ang araw. Pauwiin na ninyo
ang mga taong napakarami, upang sila ay makapunta sa
mga nayon at makapamili ng makakain para sa kanilang
sarili." 16 Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila, "Hindi na nila
kailangan pang umalis. Bigyan ninyo sila ng makakain."
17 Sinabi nila sa kaniya, "Mayroon lamang kaming limang
piraso ng tinapay at dalawang isda rito." 18 Sinabi ni Jesus,
"Dalhin ninyo sa akin ang mga iyan." 19 Pagkatapos ay
inutusan ni Jesus ang mga maraming tao na maupo sa
damuhan. Kinuha niya ang limang pirasong tinapay at
dalawang isda. Habang nakatingala sa langit, binasbasan
niya at pinagpira-piraso ang mga tinapay at saka ibinigay
sa mga alagad. Ipinamahagi naman ito ng mga alagad sa
mga tao. 20 Lahat sila ay nakakain at nabusog. Pagkatapos
ay inipon nila ang mga natira sa mga pinagpira-pirasong
pagkain—labindalawang basket ang napuno. 21 Lahat ng
kumain ay umabot sa limanlibong kalalakihan bukod sa mga
kababaihan at mga bata. 22 Kaagad na pinasakay niya ang
mga alagad sa bangka upang mauna silang tumungo sa
kabilang dako, habang pina-uuwi niya ang mga tao. 23
Pagkatapos niyang mapauwi ang mga tao, umakyat siyang
mag-isa sa isang bundok upang manalangin. Nang lumalim
na ang gabi, mag-isa lamang siya roon. 24 Ngunit ang
bangka ay nasa kalagitnaan na ng dagat, halos hindi na
ito mapigilan dahil sa mga alon, sapagkat pasalubong ang
hangin. 25 Nang madaling araw na, nilapitan sila ni Jesus na
naglalakad sa dagat. 26 Nang makita siya ng kaniyang mga
alagad na naglalakad sa dagat, natakot sila at sinabi, "Multo,"
at sila ay nagsigawan sa takot. 27 Ngunit agad nagsalita si
Jesus sa kanila at sinabi, "Magpakatapang kayo! Ako ito!
Huwag kayong matakot." 28 Sumagot si Pedro sa kaniya
at sinabi, "Panginoon, kung ikaw iyan, utusan mo akong
pumunta sa iyo sa tubig." 29 Sinabi ni Jesus, "Halika." Kaya
bumaba si Pedro sa bangka at lumakad sa tubig papunta kay
Jesus. 30 Ngunit nang mapansin ni Pedro ang hangin, siya
ay natakot. Habang siya ay nagsimulang lumubog, sumigaw
siya at sinabi, "Panginoon, iligtas mo ako!" 31 Kaagad iniunat

ni Jesus ang kaniyang kamay at inabot si Pedro at sinabi sa
kaniya, “Ikaw na may maliit na pananampalataya, bakit ka
nag-alinlangan?” **32** At nang sumakay si Jesus at Pedro sa
bangka, huminto ang hangin sa pag-ihip. **33** At ang mga
alagad sa bangka ay sumamba kay Jesus at sinabi, “Tunay
ngang ikaw ang Anak ng Diyos.” **34** Nang makatawid na sila,
nakarating sila sa lupain ng Genasaret. **35** Nang nakilala si
Jesus ng mga taong tagaroon, ipinamalita nila saan mang
lugar sa palibotlibot at dinala nila sa kaniya ang bawat isa na
may sakit. **36** Nagmakaawa sila sa kaniya na kung maaari
ay mahawakan nila ang laylayan ng kaniyang kasuotan, at
lahat ng humawak dito ay gumaling.

**15** At may ilang mga Pariseo at mga eskriba na mula
sa Jerusalem ang pumunta kay Jesus. Sinabi nila, **2**
“Bakit nilalabag ng iyong mga alagad ang mga kaugalian ng
mga nakatatanda? Sapagkat hindi nila hinuhugasan ang
kanilang mga kamay kapag sila ay kakain.” **3** Sumagot si
Jesus at sinabi sa kanila, “At kayo—bakit ninyo nilalabag ang
kautusan ng Diyos alang-alang sa inyong mga kaugalian?
**4** Sapagkat sinabi ng Diyos, 'Igalang mo ang iyong ama
at iyong ina,' at 'Sinuman ang magsalita ng masama sa
kaniyang ama o ina ay tiyak na mamamatay. **5** Ngunit
sinabi ninyo, 'Sinuman ang magsabi sa kaniyang ama o ina,
“Anumang tulong ang matanggap sana ninyo na galing sa
akin, ngayon ay isa nang kaloob na ibinigay sa Diyos,"' **6**
hindi na kailangang igalang ng taong iyon ang kaniyang
ama. Sa ganitong paraan binalewala ninyo ang salita ng
Diyos alang-alang sa inyong mga kaugalian. **7** Kayong mga
mapagkunwari, tama ang propesiya tungkol sa inyo ni Isaias
noong sinabi niya, **8** 'Iginagalang ako ng mga taong ito sa
kanilang mga labi ngunit ang kanilang mga puso ay malayo
sa akin. **9** Sinasamba nila ako na walang kabuluhan, dahil
ang itinuturo nila bilang mga doktrina ay ang mga utos ng
mga tao.'" **10** Pagkatapos ay tinawag niya ang maraming
tao palapit sa kaniya at sinabi sa kanila, ''Makinig kayo
at intindihin ninyo— **11** Walang pumapasok sa bibig ang
nakapagpaparumi sa isang tao. Sa halip, kung ano ang
lumalabas sa kaniyang bibig, ito ang nakapagpaparumi sa
tao.'' **12** Pagkatapos, lumapit ang kaniyang mga alagad at
sinabi kay Jesus, “Alam ba ninyo na nasaktan ang mga
Pariseo nang marinig nila ang inyong sinabi?” **13** Sumagot
si Jesus at sinabi, “Bawat halaman na hindi itinanim ng
aking Amang nasa langit ay bubunutin. **14** Hayaan ninyo
sila, mga bulag sila na gabay. Kung ang isang bulag na
tao ay gagabayan ang kapwa niyang bulag, pareho silang
mahuhulog sa hukay.” **15** Sumagot si Pedro at sinabi kay
Jesus, “Ipaliwanag mo sa amin ang talinghagang ito.” **16**
Sinabi ni Jesus, “Kayo din ba ay wala pa ring pang-unawa?
**17** Hindi ba ninyo nakikita na kung anumang pumapasok sa
inyong bibig ay dadaan sa tiyan at pagkatapos pinapalabas
sa palikuran? **18** Ngunit ang mga bagay na lumalabas
sa bibig ay galing sa puso. Ang mga bagay na ito ang
nakapagpaparumi sa tao. **19** Sapagkat sa puso nanggagaling
ang mga masasamang pag-iisip, pagpatay, pangangalunya,
sekswal na imoralidad, pagnanakaw, bulaang saksi at mga
paghamak. **20** Ito ang mga bagay na nakapagpaparumi
sa tao. Ngunit ang kumain na hindi naghugas ng mga
kamay ay hindi nakapagpaparumi sa tao.” **21** Pagkatapos,
umalis si Jesus mula roon at pumunta patungo sa mga
rehiyon sa lungsod ng Tiro at Sidon. **22** Masdan ito, may
isang Cananeang babae ang lumabas galing sa rehiyon
na iyon. Sumigaw siya at sinabing, “Kahabangan mo ako,
Panginoon, anak ni David; ang aking anak na babae ay
lubhang pinapahirapan ng isang demonyo. **23** Ngunit hindi
siya sinagot ni Jesus kahit isang salita. Lumapit ang kaniyang
mga alagad at nagmakaawa sa kaniya, sinabi, “Paalisin
ninyo siya sapagkat sumisigaw siyang sumusunod sa atin.”
**24** Subalit sumagot si Jesus at sinabi, “Hindi ako sinugo sa
kaninuman maliban sa mga tupang naliligaw sa tahanan ng
Israel.” **25** Ngunit lumapit at lumuhod ang babae sa kaniyang
harapan, na nagsasabi, “Panginoon, tulungan mo ako.” **26**
Sumagot siya at sinabi, “Hindi tama na kunin ang tinapay ng
mga anak at ihagis sa mga tuta.” **27** Sinabi niya, “Oo nga,
Panginoon, ngunit kahit ang mga tuta ay kinakain ang mga
katiting na tinapay na nahulog mula sa kainan ng kanilang
mga amo. **28** Pagkatapos, sumagot si Jesus at sinabi sa
kaniya, “Babae, napakalaki ng iyong pananampalataya.
Mangyari sa iyo ayon sa iyong hinihiling.” At gumaling ang
kaniyang anak na babae sa oras na iyon. **29** Umalis si Jesus
sa lugar na iyon at pumunta malapit sa Dagat ng Galilea.
Pagkatapos umakyat siya sa isang burol at doon umupo. **30**
Napakaraming tao ang lumapit sa kaniya. Kasama nila ang
mga pilay, bulag, pipi at mga lumpo, at marami pang iba
na may mga sakit. Inilagay sila sa paanan ni Jesus at sila
ay pinagaling niya. **31** Kaya namangha ang maraming tao
nang nakita nila ang mga pipi na nakapagsalita, ang lumpo
na napagaling, ang pilay na nakakalakad at mga bulag na
nakakakita. Pinuri nila ang Diyos ng Israel. **32** Tinawag ni
Jesus ang kaniyang mga alagad at sinabi, “Nahahabag ako
sa mga tao dahil sila ay nanatili kasama ko sa loob na ng
tatlong araw at walang makain. Ayaw ko silang pauwiin
na hindi kumakain upang hindi sila himatayin sa daan.”
**33** Sinabi ng mga alagad sa kaniya, “Saan naman tayo
kukuha ng sapat na tinapay sa ilang para busugin ang
napakamaraming tao?” **34** Sinabi ni Jesus sa kanila, “Ilan
ang tinapay na meron kayo?” Sinabi nila, “Pito, at kaunting
maliliit na isda.” **35** At inutosan ni Jesus ang maraming tao
na maupo sa lupa. **36** Kinuha niya ang pitong tinapay at mga

isda, at pagkatapos magbigay ng pasasalamat, pinagpira-
piraso niya ang mga tinapay at ibinigay sa kaniyang mga
alagad. At ibinigay ng mga alagad ang mga ito sa mga tao.
37 Ang lahat ng tao ay nakakain at nabusog. At inipon nila
ang mga pagkain mula sa pira-pirasong natira, pitong basket
ang napuno. 38 Mayroong apat na libong lalaki ang kumain,
bukod sa mga babae at mga bata. 39 Pagkatapos, pinauwi
ni Jesus ang maraming tao at sumakay siya sa bangka at
pumunta sa rehiyon ng Magadan.

**16** Lumapit ang mga Pariseo at Saduseo at sinubok si
Jesus sa pamamagitan ng paghingi sa kaniya na
ipakita sa kanila ang isang palatandaan mula sa langit. 2
Ngunit sumagot siya at sinabi sa kanila, “Pagsapit ng gabi,
sasabihin ninyo. 'Magiging maganda ang panahon, sapagkat
pula ang kalangitan.' 3 At sasabihin ninyo sa umaga, 'Hindi
magiging maganda ang panahon ngayon, sapagkat ang
langit ay pula at maulap.' Alam ninyo kung paano bigyan ng
kahulugan ang anyo ng langit, ngunit hindi ninyo kayang
bigyang kahulugan ang mga palatandaan ng mga panahon.
4 Maghahanap ng palatandaan ang mga masama at mapang-
apid na salinlahi, ngunit walang maibibigay na palatandaan
sa kanila maliban sa palatandaan ni Jonas.” Pagkatapos
ay iniwan sila ni Jesus at umalis. 5 Nagpunta ang mga
alagad sa kabilang bahagi, ngunit nakalimutang magdala ng
tinapay. 6 Sinabi ni Jesus sa kanila, “Unawain ninyo at mag-
ingat kayo sa lebadura ng mga Pariseo at mga Saduseo.” 7
Nagdahilan ang mga alagad sa kanilang mga sarili at sinabi,
“Ito ay dahil wala tayong nadalang tinapay.” 8 Batid ito ni
Jesus at sinabi, “Kayong maliit ang pananampalataya, bakit
kayo nagdadahilan sa inyong mga sarili at sinasabi na ito ay
dahil wala kayong nadalang tinapay? 9 Hindi pa rin ba ninyo
napapansin o naaalala ang limang tinapay para sa limang-
libo, at ilang mga basket na tinapay ang naipon ninyo? 10 O
ang pitong basket na tinapay na para sa apat na libo at ilang
mga basket ang inyong naipon? 11 Paanong hindi ninyo
naintindihan na hindi ako nagsasalita sa inyo tungkol sa
tinapay? “Unawain ninyo at mag-ingat kayo sa lebadura
ng mga Pariseo at Saduseo.” 12 Pagkatapos naintindihan
nila na sila ay hindi pinag-iingat sa lebadura sa tinapay,
kundi upang mag-ingat sa itinuturo ng mga Pariseo at mga
Saduseo. 13 Ngayon, nang dumating si Jesus sa mga bahagi
ng Cesarea ng Filipos, tinanong niya ang kaniyang mga
alagad, na sinasabi, “Ano ang sinasabi ng mga tao kung sino
ang Anak ng Tao?” 14 Sinabi nila, “Sabi ng iba na si Juan na
Tagapagbawtismo; ang iba, si Elias; at ang iba, si Jeremias,
o isa sa mga propeta.” 15 Sinabi niya sa kanila, “Ngunit ano
ang sinasabi ninyo sa kung sino ako?” 16 Sumagot si Simon
Pedro at sinabi, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na
Diyos.” 17 Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, “Pinagpala
ka, Simon Bar Jonas, sapagkat ito ay hindi nahayag sa iyo
ng laman o ng dugo, kundi ng aking Amang nasa langit. 18
Sinasabi ko rin sa iyo na ikaw ay si Pedro at sa ibabaw ng
batong ito ay itatayo ko ang aking iglesiya. Ang tarangkahan
ng hades ay hindi mananaig laban dito. (Hadēs g86) 19 Ibibigay
ko sa iyo ang mga susi sa kaharian ng langit. Anumang
gapusin mo sa lupa ay gagapusin din sa langit, at anumang
kalagan ninyo sa lupa ay kakalagan din sa langit.” 20 At
inutusan ni Jesus ang mga alagad na huwag nilang sabihin
sa iba na siya ang Cristo. 21 Magmula sa oras na iyon
sinimulang sabihin ni Jesus sa kaniyang mga alagad na
kailangan niyang pumunta sa Jerusalem, magdurusa ng
maraming bagay sa kamay ng mga nakatatanda at sa mga
punong pari at sa mga eskriba, papatayin at mabubuhay
muli sa ikatlong araw. 22 Pagkatapos ay hinila siya ni Pedro
sa tabi at pinagsabihan siya, na sinasabi, “Mailayo sana
ito sa iyo, Panginoon, hindi sana ito mangyari sa iyo.” 23
Ngunit bumaling si Jesus kay Pedro at sinabi, “Lumayo ka
sa akin, Satanas! Hadlang ka sa akin, sapagkat wala kang
pakialam sa mga bagay ng Diyos, kundi sa mga bagay ng
mga tao.” 24 Pagkatapos, sinabi ni Jesus sa kaniyang mga
alagad, “Kung sinuman ang nais sumunod sa akin, kailangan
niyang ikaila ang kaniyang sarili, buhatin ang kaniyang krus,
at sumunod sa akin. 25 Sapagkat sinuman ang may nais
iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito, at kung
sinuman ang mawala ang buhay alang-alang sa akin ay
matatagpuan niya ito. 26 Ano ang mapapala ng isang tao,
kung mapasakaniya man ang buong mundo ngunit ang
kabayaran ay ang kaniyang buhay? Ano ang maibibigay ng
tao kapalit ng kaniyang buhay? 27 Sapagkat ang Anak ng
Tao ay darating sa kaluwalhatian ng kaniyang Ama kasama
ang kaniyang mga anghel. Pagkatapos, bibigyan niya ang
bawat tao ayon sa kaniyang mga gawa. 28 Katotohanang
sinasabi ko sa inyo, may mga ilan sa inyo na nakatayo dito
na hindi makatitikim ng kamatayan hanggang sa makita nila
ang Anak ng Tao na dumarating sa kaniyang kaharian.”

**17** Makalipas ang anim na araw, isinama ni Jesus sina
Pedro, Santiago at si Juan na kaniyang kapatid at sila
ay dinala niya sa isang mataas na bundok nang sila lang. 2
Siya ay nagbagong anyo sa kanilang harapan. Ang kaniyang
mukha ay nagliwanag na katulad ng araw, at ang kaniyang
mga damit ay naging puting-puti katulad ng liwanag. 3
Masdan ito, nagpakita sa kanila sina Moises at Elias na
nakikipag-usap sa kaniya. 4 Nagsalita si Pedro at sinabi kay
Jesus, “Panginoon, mabuti na kami ay narito. Kung nais
ninyo, gagawa ako dito ng tatlong pagsisilungan—isa para sa
inyo, at isa para kay Moises, at isa para kay Elias.” 5 Habang
siya ay nagsasalita pa, masdan ito, isang nakakasilaw na
ulap ang lumilim sa kanila, at masdan ito, may isang tinig

na mula sa ulap na nagsasabi, “Ito ang minamahal kong
Anak na lubos kong kinalulugdan. Makinig kayo sa kaniya.”
6 Nang marinig ito ng mga alagad, sila ay nagpatirapa at
lubhang natakot. 7 Pagkatapos, lumapit si Jesus at sila
ay hinawakan at sinabi, “Tumayo kayo at huwag kayong
matakot.” 8 At sila ay tumingala ngunit walang ibang nakita
maliban kay Jesus lamang. 9 Nang pababa na sila sa
bundok, inutos ni Jesus sa kanila, na nagsasabi, “Huwag
ninyong ipagsabi sa sinuman ang pangitaing ito hanggang
ang Anak ng Tao ay muling ibangon mula sa mga patay.”
10 Tinanong siya ng kaniyang mga alagad, na sinasabi,
“Bakit sinasabi ng mga eskriba na kailangan daw munang
dumating si Elias?” 11 Sumagot si Jesus at sinabi, “Totoo na
darating si Elias at aayusin ang lahat ng mga bagay. 12
Ngunit sinasabi ko sa inyo, si Elias ay dumating na, ngunit
siya ay hindi nila nakilala. Sa halip, ginawa nila ang nais
nilang gawin sa kaniya. Sa gayon ding paraan, ang Anak
ng Tao ay magdurusa rin sa kanilang mga kamay.” 13 At
naintindihan ng mga alagad na ang tinutukoy niya ay si Juan
na Tagapagbautismo. 14 Pagbalik nila sa kinaroroonan ng
mga tao, lumapit ang isang tao at lumuhod sa kaniyang
harapan, at sinabi, 15 “Panginoon, mahabag kayo sa aking
anak na lalaki, sapagkat siya ay may epilepsiya at lubhang
nahihirapan. Sapagkat madalas siyang nahuhulog sa apoy o
sa tubig. 16 Dinala ko siya sa inyong mga alagad, ngunit
hindi nila siya mapagaling. 17 Sumagot si Jesus at sinabi,
“Kayong salinlahi na walang pananampalataya at mga
baluktot, hanggang kailan ba ako mananatili kasama ninyo?
Hanggang kailan ako magtitiis sa inyo? Dalhin ninyo siya sa
akin.” 18 Sinaway siya ni Jesus at umalis ang demonyo sa
kaniya. Gumaling ang bata sa oras ding iyon. 19 Pagkatapos
nito sarilinang lumapit kay Jesus ang kaniyang mga alagad
at sinabi, “Bakit hindi namin ito mapalayas?” 20 Sinabi ni
Jesus sa kanila, “Dahil maliit ang inyong pananampalataya.
Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, kung mayroon
kayong pananampalataya na kasinliit ng buto ng mustasa,
maaari ninyong sabihin sa bundok na ito, 'Lumipat ka roon,'
at lilipat nga ito at walang magiging imposible sa inyo. 21
(Ngunit hindi mapapalayas ang ganitong uri ng demonyo
maliban sa panalangin at pag-aayuno.) 22 Habang sila ay
nanatili sa Galilea, sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad,
“Ang Anak ng Tao ay ibibigay sa kamay ng mga tao. 23
At siya ay papatayin nila, at mabubuhay siya sa ikatlong
araw.” Labis itong ikinalungkot ng kaniyang mga alagad.
24 Pagdating nila sa Capernaum, lumapit kay Pedro ang
mga lalaking naningil ng kalahating siklo ng buwis at sinabi,
“Nagbabayad ba ng kalahating siklo ng buwis ang iyong
guro?” 25 Sinabi niya, “Oo.” Ngunit nang pumunta si Pedro
sa bahay, una siyang kinausap ni Jesus at sinabi, “Ano
sa palagay mo, Simon? Ang mga hari sa lupa, kanino sila
tumatanggap ng buwis o ng pagpupugay? Mula sa kanilang
mga mamamayan o mula sa mga dayuhan?” 26 Nang sinabi
ni Pedro, “Sa mga dayuhan,” sinabi ni Jesus sa kaniya,
“Kung ganoon hindi kasama ang kanilang mamamayan sa
pagbabayad. 27 Ngunit upang hindi tayo maging sanhi ng
pagkakasala ng mga nangongolekta ng buwis, pumunta
ka sa dagat, ihagis mo ang iyong pamingwit, at kunin ang
unang isda na nahuli. Kapag binuka mo ang bibig nito,
makikita mo ang isang siklo. Kunin mo ito at ibigay sa mga
nangongolekta ng buwis para sa akin at para sa iyo.”

**18** Sa oras ding iyon, lumapit kay Jesus ang mga alagad at
sinabi, “Sino ang pinakadakila sa kaharian ng langit?”
2 Tinawag ni Jesus ang isang bata sa kaniya, at inilagay niya
sa kanilang kalagitnaan, 3 at sinabi, “Totoo itong sinasabi
ko sa inyo, maliban na lamang kung kayo ay magsisi at
maging katulad ng mga maliliit na bata, hindi talaga kayo
makapapasok sa kaharian ng langit. 4 Kaya kung sinuman
ang nagpapakumbaba sa kaniyang sarili katulad ng maliit na
batang ito, ang taong iyon ang pinakadakila sa kaharian ng
langit. 5 At sinumang tumatanggap sa katulad ng maliit na
batang ito alang-alang sa aking pangalan ay tinatanggap ako.
6 Ngunit ang sinuman ang magiging sanhi ng pagkakasala ng
isa sa mga maliliit na bata na sumampalataya sa akin, mas
mabuti para sa kaniya na talian ang leeg ng malaking batong
gilingan, at dapat siyang ilubog sa kailaliman ng dagat.
7 Sa aba sa sanlibutan dahil sa panahon ng pagkatisod!
Sapagkat kinakailangang dumating ang mga panahong
iyon, ngunit sa aba sa taong sanhi ng pinanggalingan nito!
8 Kung ang iyong kamay o mga paa ay nagiging sanhi
ng inyong pagkatisod, putulin ninyo ito at itapon ninyo ito
palayo sa inyo. Mas mabuti para sa inyo ang pumasok sa
buhay na may kapansanan o lumpo, kaysa itapon sa walang
hanggang apoy na may dalawang kamay o dalawang paa.
**(aiōnios g166)** 9 Kung ang inyong mga mata ay maging dahilan
ng inyong pagkatisod, dukutin ninyo ito at itapon ninyo ito
palayo sa inyo. Mas mabuti para sa inyo ang pumasok
sa buhay na may isang mata, kaysa itapon sa walang
hanggang apoy na may dalawang mata. **(Geenna g1067)** 10
Tingnan ninyo na huwag ninyong hahamakin kahit na isa
sa mga maliliit na bata. Sapagkat sasabihin ko sa inyo na
sa langit, ang kanilang mga anghel ay laging nakatingin sa
mukha ng aking Amang nasa langit. ( 11 Sapagkat pumarito
ang Anak ng Tao upang maligtas ang mga nawawala.) 12
Ano sa palagay ninyo? Kung may isang taong mayroong
isandaang tupa, at ang isa ay naligaw, hindi ba niya iiwan
ang siyamnapu't siyam sa burol at maghahanap sa isang
naliligaw? 13 At kung matagpuan niya ito, totoo itong sinasabi
ko sa inyo, ikagagalak niya ito higit sa siyamnapu't siyam

na hindi naligaw. **14** Sa gayon ding paraan, hindi ito ang
kalooban ng inyong Ama na nasa langit na ang isa sa mga
maliliit na batang ito ay mapahamak. **15** Kung ang iyong
kapatid ay nagkasala laban sa iyo, pumuntahan mo, ipakita
mo ang kaniyang pagkakamali na ikaw at siya lamang.
Kung makikinig siya sa iyo, mapapanumbalik mo ang iyong
kapatid. **16** Ngunit kung hindi siya makinig sa iyo, isama
mo sa iyo ang isa o dalawa pang mga kapatid, upang sa
pamamamagitan ng bibig ng dalawa o tatlong mga saksi ang
bawat salita ay maaaring mapatunayan. **17** At kung tumanggi
siyang makinig sa kanila, sabihin ito sa iglesiya. Kung siya
ay tumanggi na makinig sa iglesiya, ituring ninyo siyang
gaya ng isang Gentil at maniningil ng buwis. **18** Totoo itong
sinasabi ko sa inyo, anumang mga bagay ang igapos ninyo
sa lupa ay igagapos din sa langit. At anumang mga bagay
ang inyong kalagan sa lupa ay kakalagan din sa langit. **19**
Dagdag pa nito, sinasabi ko sa inyo, na kung ang dalawa sa
inyo ay sumang-ayon sa lupa tungkol sa anumang bagay na
kanilang hinihiling, mangyayari ito sa kanila sa pamamagitan
ng aking Amang nasa langit. **20** Sapagkat kung saan ang
dalawa o tatlo ang nagkatipon dahil sa aking pangalan,
naroon ako sa kanilang kalagitnaan." **21** Pagkatapos, lumapit
si Pedro at sinabi kay Jesus, "Panginoon, ilang beses ba na
magkakasala ang aking kapatid laban sa akin at akin siyang
patatawarin? Hanggang pitong beses?" **22** Sinabi ni Jesus
sa kaniya, "Hindi ko sasabihin sa inyo na pitong beses,
kundi hanggang pitumpung ulit at pito. **23** Samakatuwid,
ang kaharian ng langit ay maihahalintulad sa isang hari
na nais makipagsulit sa kaniyang mga utusan. **24** Habang
inuumpisahan ang pagsusulit, isang utusan ang dinala sa
kaniya na nagkautang ng sampung libong mga talento.
**25** Ngunit dahil sa wala siyang kakayanan na magbayad,
inutusan siya ng kaniyang amo na ipagbili, kasama ng
kaniyang asawa at mga anak at lahat na mayroon siya, at
nang makabayad. **26** Kaya lumuhod ang utusan, yumuko
sa kaniyang harapan, at sinabi, 'Amo, pagtiisan mo ako,
at babayaran ko ang lahat.' **27** Kaya nahabag ang amo
sa kaniyang utusan, pinakawalan siya at pinatawad ang
kaniyang utang. **28** Ngunit lumabas ang utusan at nakita ang
isa sa kaniyang kapwa utusan na nagkautang sa kaniya ng
isang daang denario. Sinunggaban niya ito, sinakal at sinabi,
'Bayaran mo ako sa iyong inutang.' **29** Ngunit lumuhod ang
kaniyang kapwa utusan at nakiusap sa kaniya na nagsasabi,
"Pagtiisan mo ako, at babayaran rin kita.' **30** Ngunit tumanggi
ang naunang utusan. Sa halip, pumunta siya at itinapon siya
sa kulungan, hanggang sa mabayaran niya ang kaniyang
inutang. **31** Nang makita ng kapwa mga utusan kung ano ang
nangyari, labis silang nagdamdam. Pumunta sila sa kanilang
amo at sinabi ang lahat ng nangyari. **32** Pagkatapos nito,
ipinatawag ng amo ang kaniyang utusan, at sinabi sa kaniya,
'Napakasama mong utusan, pinatawad kita sa lahat ng iyong
inutang dahil ikaw ay nakiusap sa akin. **33** Hindi ba dapat
naawa ka din sa iyong kapwa utusan, gaya ng pagkahabag
ko sa iyo? **34** Nagalit ang kaniyang amo at ibinigay siya sa
mga tagapagpahirap hanggang sa mabayaran niya ang lahat
ng kaniyang mga inutang. **35** Kaya ganoon din ang gagawin
sa inyo ng aking Ama na nasa langit kung ang bawat isa sa
inyo ay hindi magpapatawad sa kaniyang kapatid na mula
sa kaniyang puso."

**19** Nangyari, nang matapos na ni Jesus ang mga
salitang ito, umalis siya mula sa Galilea at nakarating
sa hangganan ng Judea lampas pa ng Ilog Jordan. **2**
Napakaraming tao ang sumunod sa kaniya at sila ay
pinagaling niya roon. **3** Pumunta sa kaniya ang mga Pariseo
upang subukin siya na nagsasabi, "Pinahihintulutan ba sa
batas na hihiwalayan ng lalaki ang kaniyang asawa sa
anumang kadahilanan?" **4** Si Jesus ay sumagot at nagsabi,
"Hindi ba ninyo nabasa, na ang gumawa sa kanila sa
simula pa lamang ay ginawa silang lalaki at babae? **5** At
sinabi rin niyang, 'Sa ganitong dahilan iiwan ng lalaki ang
kaniyang ama at ina upang makiisa sa kaniyang asawa,
at ang dalawa ay magiging iisang laman?' **6** Kaya nga
sila ay hindi na dalawa, kundi iisang laman. Samakatwid
ang ano mang pinagsama ng Diyos ay walang sinumang
makapaghihiwalay." **7** Sinabi nila sa kaniya, "Bakit noon
ay inutusan tayo ni Moises na gumawa ng kasulatan ng
paghihiwalay at paalisin na siya?" **8** Sinabi niya sa kanila,
"Dahil sa katigasan ng inyong puso ay pinayagan ni Moises
na hiwalayan ninyo ang inyong mga asawa, subalit mula sa
simula hindi gayon. **9** Sinasabi ko sa inyo, ang sinumang
makikipaghiwalay sa kaniyang asawa, maliban sa sekwal na
imoralidad, at mag-aasawa ng iba, ay nangangalunya. At
ang lalaki na magpapakasal sa hiniwalayan na babae ay
nakagawa ng pangangalunya." **10** Sinabi ng mga alagad kay
Jesus, "Kung ganyan ang kalagayan ng lalaki sa kaniyang
asawa, mabuti pang hindi na mag-aasawa." **11** Subalit sinabi
ni Jesus sa kanila, "Hindi lahat ay tatanggap sa aral na
ito, kundi sila lamang na pinahihintulutan na tanggapin
ito. **12** Sapagkat mayroong mga eunuko na ipinanganak
sa sinapupunan ng kanilang ina. At may mga eunoko na
ginawang eunuko ng mga tao. At may mga eunuko na
ginawa nilang mga eunuko ang kanilang sarili alang-alang
sa kaharian ng langit. Siya na kayang tumanggap sa aral
na ito, tanggapin niya ito. **13** May maliliit na mga bata na
dinala sa kaniya upang patungan ng kaniyang mga kamay
at ipanalangin sila, ngunit pinagalitan sila ng mga alagad. **14**
Ngunit sinabi ni Jesus, "Hayaan ang maliliit na mga bata, at
huwag silang pagbawalan na pumunta sa akin, sapagkat ang

kaharian ng langit ay para sa mga ganito.” 15 At ipinatong
niya ang kaniyang mga kamay sa kanila, at pagkatapos
umalis mula roon. 16 Masdan ito, isang lalaki ang lumapit
kay Jesus at sinabi, “Guro, ano ang mabuting bagay na
kinakailangan kong gawin upang ako ay magkaroon ng
buhay na walang hanggan?” **(aiōnios g166)** 17 Sinabi ni Jesus
sa kaniya, “Bakit mo ako tinatanong tungkol sa kung ano
ang mabuti? Isa lang ang mabuti, ngunit kung nais mong
pumasok sa buhay, tuparin mo ang mga kautusan.” 18 At
sinabi ng lalaki sa kaniya, “Alin sa mga kautusan? Sinabi ni
Jesus, “Huwag kang pumatay, huwag kang mangangalunya,
huwag kang magnakaw, huwag kang magsinungaling sa
iyong pagsaksi, 19 igalang mo ang iyong ama at ang iyong
ina, at ibigin mo ang iyong kapwa tulad ng pagmamamhal
mo sa iyong sarili. 20 At sinabi ng binatang lalaki sa kaniya,
ang lahat nang ito ay sinunod ko. Ano pa ba ang kailangan
ko? 21 Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Kung nais mong maging
ganap, humayo ka at ipagbili mo ang iyong ari-arian at
ibigay sa mahihirap, at magkakaroon ka ng yaman sa langit.
At halika, sumunod ka sa akin.” 22 Subalit ng marinig ng
binatang lalaki ang sinabi ni Jesus, umalis siya na malungkot,
sapagkat siya ay may napakaraming mga ari-arian. 23 Sinabi
ni Jesus sa kaniyang mga alagad, “Totoo itong sinasabi
ko sa inyo, mahirap makapasok ang isang mayaman sa
kaharian ng langit. 24 Muling sinasabi ko sa inyo, madali pa
sa isang kamelyo ang pumasok sa butas ng karayom kaysa
sa isang mayaman na makapasok sa kaharian ng Diyos.” 25
Nang mapakinggan ito ng mga alagad, sila ay namangha
at sinabi, “Sino kung gayon ang maaaring maligtas?” 26
Tumingin sa kanila si Jesus at sinabi, “Sa mga tao ito ay
imposible ngunit sa Diyos, lahat ay posible.” 27 Sumagot
si Pedro at sinabi sa kaniya, “Tingnan mo, iniwan namin
ang lahat at sumunod saiyo. Ano ang makakamtan namin?”
28 Sinabi ni Jesus sa kanila, “Totoo itong sinasabi ko sa
inyo, kayo na sumunod sa akin, sa bagong kapanganakan
kapagka ang Anak ng Tao ay uupo na sa trono sa kaniyang
kaluwalhatian, kayo rin naman ay uupo sa labindalawang
mga trono, maghuhukom sa labingdalawang mga tribu ng
Israel.” 29 Ang bawat isa na nag-iwan ng mga bahay, mga
kapatid na lalaki, mga kapatid na babae, ama at ina, o lupain
alang alang sa akin, ay makakatanggap ng isang daang
beses at magmamana ng buhay na walang hanggan. **(aiōnios
g166)** 30 Subalit marami ang nauna ngayon na mahuhuli at
marami sa mga nahuhuli ay mauuna.

**20** Sapagkat ang kaharian ng langit ay tulad sa isang
nagmamay-ari ng lupain, na lumabas ng maagang-
maaga upang umupa ng mga manggagawa para sa kaniyang
ubasan. 2 Pagkatapos niyang makipagsundo sa mga
manggagawa sa isang denaryo sa isang araw, pinapunta
niya sila sa kaniyang ubasan. 3 Lumabas siya muli sa
dakong alas nuwebe noong umagang iyon at nakita niya ang
ibang mga manggagawa na nakatayong walang ginagawa
sa pamilihan. 4 Sinabi niya sa kanila, 'Pumunta rin kayo sa
ubasan, at kung ano ang nararapat sa inyo ay ibibigay ko.'
At sila ay pumunta upang magtrabaho. 5 Lumabas siyang
muli nang mag-aalas dose ng tanghali at muli nang mag-
aalas tres ng hapaon, at ganoon din ang ginawa niya. 6 At
sa isa pang pagkakataon nang mag-aalas singko ng hapon,
siya ay lumabas at nakatagpo ng iba pang nakatayong
walang ginagawa. Sinabi niya sa kanila, 'Bakit kayo nakatayo
rito na walang ginagawa sa maghapon?' 7 Sinabi nila sa
kaniya, 'Sapagka't wala ni isang umupa sa amin,' Sinabi
niya sa kanila, 'Kayo rin ay pumunta sa ubasan.' 8 At nang
sumapit ang gabi, sinabi ng may-ari ng ubasan sa kaniyang
tagapangasiwa, 'Tawagin ang mga manggagawa at ibigay
ang kanilang sahod, mula sa nahuli hanggang sa nauna.' 9
At nang ang mga manggagawa na inupahan nang mag-aalas
singko ay dumating, bawat isa sa kanila ay tumanggap ng
isang denaryo. 10 At nang ang mga naunang manggagawa
ay dumating, inisip nila na higit na marami ang kanilang
tatanggapin, subalit bawat isa sa kanila ay tumanggap
rin ng tig-iisang denaryo. 11 At nang matanggap nila ang
kanilang mga sahod, sila ay nagreklamo tungkol sa may-ari
ng ubasan. 12 Sabi nila, 'Ang mga huling manggagawang
ito ay isang oras lang na nagtrabaho, ngunit ipinantay mo
sila sa amin, sa amin na nagdala ng pasan sa buong araw
at sa nakakasunog na init.' 13 Subalit sumagot ang may-
ari ng ubasan at nagsabi sa isa sa kanila, 'Kaibigan, wala
akong nagawang mali sa iyo, Hindi ba't nagkasundo tayo
sa isang denaryo? 14 Tanggapin mo ang para sa iyo at
humayo ka. Kagalakan ko ang magbigay sa mga nahuling
mga manggagawa na inupahan katulad ng sa inyo. 15 Hindi
ba marapat sa akin na gawin kung ano ang nais kong gawin
sa aking mga pag-aari?' O ang iyong mata ay masama dahil
ako ay mabuti? 16 Kaya nga ang nauuna ay nahuhuli at ang
nahuhuli ay nauuna.” 17 Habang si Jesus ay patungo sa
Jerusalem, ang labindalawa ay isinama niya at habang nasa
daan sinabi niya sa kanila, 18 “Tingnan ninyo, aakyat tayo
patungo sa Jerusalem at ang Anak ng Tao ay ibibigay sa
mga punong mga pari at mga eskriba. At siya ay hahatulan
nila ng kamatayan 19 at ibibigay sa mga Gentil upang siya ay
kutyain, paluin, at ipako siya sa krus. Ngunit sa ikatlong araw
siya ay babangunin. 20 At ang ina ng mga anak na lalaki ni
Zebedeo ay pumunta kay Jesus kasama ang kaniyang mga
anak. Yumukod siya sa kaniyang harapan at humiling ng
isang bagay sa kaniya. 21 Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Ano
ang nais mong hilingin?” Sinabi niya sa kaniya, “Ipag-utos
mo na ang aking dalawang anak ay makakaupo sa iyong

kaharian, ang isa sa iyong dakong kanang kamay at ang
isa naman ay sa iyong dakong kaliwang kamay," **22** Subalit
sinagot siya ni Jesus at nagsabi, "Hindi ninyo alam kung ano
ang iyong hinihiling. Kaya ba ninyong inumin ang tasa na
aking iinumin?" Sinabi nila sa kaniya, "Kaya namin." **23** Sinabi
niya sa kanila, "Ang aking tasa ay tunay ninyong inumin.
Subalit ang pag-upo sa aking dakong kanang kamay at sa
aking dakong kaliwang kamay ay hindi sa aking pagpapasya,
ngunit ito ay para sa kanila na pinaghandaan ng aking Ama."
**24** At nang mapakinggan ito ng sampung mga alagad, labis
silang hindi nasiyahan sa dalawang magkapatid. **25** Ngunit
tinawag sila ni Jesus sa kaniya at sinabi, "Alam ninyo na ang
mga namumuno sa mga Gentil ay nanglulupig sa kanila, at
ang mga mahahalagang mga tao sa kanila ay gumagamit ng
kapangyarihan upang sundin sila. **26** Subalit hindi dapat
mangyari ito sa inyo. Sa halip, ang sinumang nagnanais
na maging dakila sa inyo ay dapat maging tagapaglingkod
ninyo. **27** At ang sinumang nagnanais na maging una sa
inyo ay dapat maging tagapaglingkod ninyo. **28** Katulad
ng Anak ng Tao hindi siya naparito upang paglingkuran,
kundi upang maglingkod, at upang ibigay ang kaniyang
buhay bilang pangtubos sa marami. **29** Habang sila ay
paalis mula sa Jerico, napaka-raming tao ang sumunod
sa kaniya. **30** At nakita nila ang dalawang bulag na lalaki
na nakaupo sa daan. Nang marinig nila na si Jesus ay
dumaraan, sila ay sumigaw at nagsabi, "Panginoon, Anak ni
David, mahabag ka sa amin." **31** Subalit sinaway sila ng
mga tao, sinabihan sila na tumahimik. Ngunit, lalo silang
nagsisisigaw ng malakas at nagsabi, "Panginoon, Anak ni
David, mahabag ka sa amin." **32** At huminto si Jesus at
tinawag sila at nagsabi, "Ano ang nais ninyong gawin ko sa
inyo?" **33** Sinabi nila sa kaniya, "Panginoon, na ang aming
mga mata ay mabuksan." **34** At si Jesus, na nakadama ng
pagkahabag, hinipo ang kanilang mga mata. Agad agad
ay natanggap nila ang kanilang paningin at sumunod sa
kaniya.

**21** Habang si Jesus at ang kaniyang mga alagad ay
papalapit na sa Jerusalem at dumating sa Bethfage,
sa Bundok ng mga Olibo, sinugo ni Jesus ang dalawa sa
kaniyang mga alagad **2** na nagsasabi sa kanila, "Pumunta
kayo sa susunod na nayon at makakakita kaagad kayo
ng nakataling asno at may kasamang isang batang asno.
Kalagan ninyo sila at dalhin sa akin. **3** Kung may magsabi
sa inyo ng kahit na ano sa inyo tungkol dito sabihin ninyo,
'Kailangan sila ng Panginoon,' at kaagad-agad ipapadala ng
taong iyon ang mga iyon sa inyo. **4** Ngayon nangyari nga
ito upang maganap kung ano ang sinabi sa pamamagitan
ng propeta. Sinabi niya, **5** "Sabihin sa anak na babae ng
Sion, 'Tingnan mo, ang inyong Hari ay darating sa inyo,
mapagpakumbaba at nakasakay sa asno at sa batang asno,
ang anak ng asno. **6** At ang mga alagad ay nagpunta at
ginawa kung ano ang ibinilin sa kanila ni Jesus. **7** Dinala nila
ang asno at ang batang asno, at inilagay nila ang kanilang
mga damit sa kanila, at umupo roon si Jesus. **8** Karamihan
sa mga tao ay naglatag ng kanilang mga damit sa daan,
ang iba ay pumutol ng mga sanga ng mga kahoy at inilatag
sa daan. **9** Ang mga taong nauna kay Jesus at ang mga
sumunod sa kaniya ay sumisigaw na nagsasabi, "Hosana sa
anak ni David! Pinagpala ang dumarating sa pangalan ng
Panginoon. Hosana sa kataas-taasan!" **10** Nang makarating
si Jesus sa Jerusalem, ang buong lungsod ay nagkagulo at
nagsabi, "Sino ba ito?" **11** Ang mga tao ay sumagot, "Si Jesus
ito na propeta, na taga-Nazaret ng Galelia." **12** Pumasok si
Jesus sa templo ng Diyos. At pinaalis palabas ang lahat
ng mga namili at nagbebenta sa templo. At pinagbubuwal
din niya ang mga mesa ng mga mamamalit ng pera at ang
mga upuan ng mga nagbebenta ng mga kalapati. **13** Sinabi
niya sa kanila, "Ito ay nasusulat, 'Ang aking tahanan ay
tatawaging bahay-panalanginan,' ngunit ginawa ninyo itong
lungga ng mga magnanakaw." **14** At pumunta sa kaniya sa
templo ang mga bulag at mga lumpo at sila ay pinagaling
niya. **15** Subalit nang makita ng mga pinunong pari at ng
mga eskriba ang mga kamanghamanghang mga bagay
na kaniyang ginawa, at nang mapakinggan nila ang mga
bata na sumisigaw sa templo at nagsasabi, "Hosana sa
anak ni David," sila ay lubhang nagalit. **16** Sinabi nila sa
kaniya, "Narinig mo ba kung ano ang sinasabi ng mga
taong ito?" Sinabi ni Jesus sa kanila, "Oo! Ngunit hindi ba
ninyo nababasa, 'Na mula sa mga bibig ng mga sanggol
at mga sumususo pa lamang ay ginawa mong ganap ang
papuri'?" **17** At iniwan sila ni Jesus at nagtungo sa lungsod
ng Betania at natulog doon. **18** Kinaumagahan nang pabalik
na si Jesus sa lungsod, nagutom siya. **19** Nakakita siya ng
puno ng igos sa tabi ng daan. Pinuntahan niya ito, subalit
wala siyang nakitang bunga kundi mga dahon lamang. At
sinabihan niya ito, "Hindi ka na magbubunga mula ngayon
at magpakailan man." Kaagad-agad ang puno ng igos ay
natuyo. **(aiōn g165)** **20** At nang makita ito ng kaniyang mga
alagad, namangha sila at sinabi, "Paanong ang puno ng igos
ay kaagad-agad na natuyo?" **21** Sumagot at sinabi ni Jesus
sa kanila, "Totoo itong sinasabi ko sa inyo, kung kayo ay may
pananampalataya at hindi mag-alinlangan, hindi lang ninyo
magagawa kung ano ang nangyari sa puno ng igos, maaari
ninyo ring sabihin sa burol na ito, 'Maiangat ka at maihagis
sa dagat,' at ito ay magaganap. **22** Lahat ng hihilingin ninyo
sa panalangin na may paniniwala, matatanggap ninyo." **23**
Nang dumating si Jesus sa templo, pumunta sa kaniya
ang mga punong pari at mga nakatatanda sa mga tao

habang siya ay nagtuturo at sinabi nila sa kaniya, “Sa anong
kapangyarihan ginawa mo ang mga bagay na ito? At sino
ang nagbigay sa iyo ng kapangyarihan na ito?” **24** Sumagot
si Jesus at sinabi sa kanila, “Ako rin ay magtatanong sa inyo
ng isang tanong. Kung sasagutin ninyo ako, sasagutin ko rin
kayo kung sa anong kapangyarihan ginawa ko ang mga
bagay na ito. **25** Ang bautismo ni Juan—saan ba ito galing,
galing ba sa langit o sa mga tao?” Pinag-usapan nila ito sa
kanilang mga sarili, na nagsasabi, “Kung sasabihin natin na,
'Nagmula sa langit,' sasabihin niya sa atin, 'Bakit hindi kayo
naniwala sa kaniya?' **26** Kung sasabihin natin na, 'Galing
sa tao,' natatakot tayo sa mga tao, sapagkat kinikilala nila
si Juan bilang isang propeta.” **27** Sumagot sila kay Jesus
at nagsabi, “Hindi namin alam.” Sinabi rin niya sa kanila,
'Kung gayon hindi ko rin sasabihin sa inyo kung sa anong
kapangyarihan ginawa ko ang mga bagay na ito. **28** Subalit
ano sa palagay ninyo? May isang tao na may dalawang anak
na lalaki. Pumunta siya sa una at sinabi, 'Anak pumunta
ka at magtrabaho sa araw na ito sa ubasan,' **29** Sumagot
ang anak at nagsabi, 'Ayaw ko,' subalit, pagkatapos nito
nagbago ang kaniyang isip at pumunta siya. **30** At ang taong
ito ay pumunta sa kaniyang pangalawang anak at nagsabi
ng ganoon din. Sumagot ang anak na ito at nagsabi, 'Ginoo,
pupunta ako.' Ngunit hindi siya pumunta. **31** Alin sa dalawang
anak na lalaki ang sumunod sa kalooban ng kanilang ama?”
Sabi nila, “Ang nauna.” Sinabi ni Jesus sa kanila, “Totoo
itong sinasabi ko sa inyo na ang mga maniningil ng buwis
at ang mga babaing nagbebenta ng aliw ay mauunang
makapasok sa kaharian ng Diyos bago kayo. **32** Sapagkat si
Juan ay pumunta sa inyo sa daan ng katuwiran, subalit hindi
ninyo siya pinaniwalaan, samantalang ang mga maniningil
ng buwis at mga nagbebenta ng aliw ay naniwala sa kaniya.
At kayo, noong nakita ninyo na nangyari, hindi man lang
kayo nagsisi pagkatapos nito upang maniwala sa kaniya.
**33** Pakinggan ang isa pang talinghaga. May isang tao na
nagmamay-ari ng napakalawak na lupain. Nagtanim ng mga
ubas at binakuran niya ito, at naghukay ng pisaan ng ubas,
at nagtayo ng tore ng bantay, at pinaupahan ito sa mga
tagapag-alaga ng ubasan. At siya ay nagtungo sa ibang
bayan. **34** Nang ang panahon ng pag-aani ng ubasan ay
papalapit na, nagpadala siya ng ilan sa kaniyang mga utusan
sa mga tagapag-alaga ng ubasan upang kunin ang kaniyang
mga ubas. **35** Subalit sinunggaban ng mga tagapag-alaga ng
ubasan ang kaniyang mga utusan, pinalo ang isa, pinatay
ang iba, at binato rin ang iba. **36** Minsan pa, ang may ari
ay nagpadala ng iba pang mga utusan, mas marami pa sa
nauna, subalit ganoon din ang ginawa sa kanila ng mga
tagapag-alaga ng ubasan. **37** Pagkatapos noon, pinadala ng
may-ari ang kaniyang sariling anak sa kanila, na nagsabi,
''Igagalang nila ang aking anak.' **38** At nang makita ng mga
tagapag-alaga ng ubas ang anak, sinabi nila sa kanilang
mga sarili, “Ito ang tagapagmana. Halikayo, patayin natin
siya at angkinin natin ang mana.' **39** Kaya kinuha nila siya at
itinapon palabas ng ubasan, at pinatay siya. **40** Ngayon,
kung darating ang may ari ng ubasan, ano ang gagawin niya
sa mga tagapag-alaga ng ubasan?” **41** Sinabi nila sa kaniya,
“Pupuksain niya sila na tampalasan na mga tao sa mabagsik
na pamamaraan at ang ubasan ay pauupahan sa ibang
tagapagpangalaga ng ubasan, sa mga taong magbabayad
kapag ang ubas ay mahinog na.” **42** At sinabi ni Jesus sa
kanila, “Hindi ba ninyo nabasa sa mga kasulatan, 'Ang bato
na tinanggihan ng mga tagapagtayo ng bahay ay naging
batong panulukan. Ito ay galing sa Panginoon, at ito ay
kamanghamangha sa ating mga mata.' **43** Kaya sinasabi ko
sa inyo, ang kaharian ng Diyos ay kukunin niya sa inyo at
ibibigay sa ibang bansa na mag-aalaga sa mga bunga nito.
**44** Ang sinumang babagsak sa batong ito ay mababasag ng
pirapiraso. At kung kanino man ito babagsak, madudurog
siya.” **45** Nang napakinggan ng mga punong pari at mga
Pariseo ang kaniyang mga talinghaga, nakita nila na ang
kaniyang sinasabi ay patungkol sa kanila. **46** Subalit sa
tuwing naisin nilang dakpin siya, natatakot sila sa mga tao
sapagkat tinuturing siya ng mga tao na isang propeta.

**22** At muling nagsalita si Jesus sa kanila ng isang
talinghaga, at nagsabi, **2** “Ang kaharian ng langit ay
katulad sa isang hari na naghanda ng salu-salo sa kasal ng
kaniyang anak na lalaki. **3** Sinugo niya ang kaniyang mga
utusan na tawagin ang mga naanyayahan sa salu-salo sa
kasal, subalit ayaw nilang pumunta. **4** At muling nagsugo
ang hari ng iba pang mga utusan, na nagsabing, 'Sabihin sa
mga naanyayahan, “Tingnan ninyo, naihanda ko na ang
aking hapunan. Ang aking mga baka at pinatabang mga
batang baka ay nakatay na, at ang lahat ay nakahanda na.
Pumunta kayo sa salu-salo sa kasal.' **5** Subalit binabalewala
ng mga taong ito ang kaniyang paanyaya. Ang iba ay
bumalik sa kanilang sariling mga bukirin, ang iba naman ay
nagtungo sa mga lugar ng kanilang negosyo. **6** Ang iba
naman ay sinunggaban ang mga utusan ng hari, pinahiya at
pinatay sila. **7** Subalit nagalit ang hari. Inutusan niya ang
kaniyang mga sundalo na patayin ang mga mamamatay na
iyon, at sunugin ang kanilang lungsod. **8** At sinabi niya sa
kaniyang mga utusan, 'Ang kasal ay handa na, ngunit ang
mga naanyayahan ay hindi karapat-dapat. **9** Kaya pumunta
kayo sa mga sangandaan at anyayahan ninyo kung gaano
karaming tao ang inyong matatagpuan sa salu-salo sa kasal.'
**10** At ang mga utusan ay nagtungo sa mga malalaking daan
at inipon ang lahat ng mga taong matagpuan nila kapwa
mabuti at masama. Kaya't ang bulwagan pangkasalan ay

napuno ng mga panauhin. 11 Subalit nang dumating ang
hari upang tingnan ang mga panauhin, nakakita siya ng tao
na hindi nakasuot ng pangkasal na kasuotan. 12 Sinabi ng
hari sa kaniya, 'Kaibigan, paano ka nakapasok dito nang
walang pangkasal na kasuotan?' At walang maisagot ang
tao. 13 At sinabi ng hari sa kaniyang mga utusan, 'Gapusin
ang kamay at paa ng taong ito, at ihagis siya sa kadiliman sa
labas, kung saan doon ay may pagtatangis at pagngangalit
ng mga ngipin.' 14 Sapagkat maraming tao ang tinawag,
ngunit kakaunti ang pinili." 15 At umalis ang mga Pariseo at
nagbalak kung papaanong mabitag nila si Jesus sa kaniyang
sariling salita. 16 At pinadala nila ang kanilang mga alagad sa
kaniya, kasama ang mga tagasunod ni Herodes. Sinabi nila
kay Jesus, "Guro, alam namin na ikaw ay makatotohanan, at
nagtuturo sa pamamaraan ng Diyos ng may katotohanan.
At wala kayong pakialam sa sinasabi nang sinuman, at
hindi nagpapakita ng pagtatangi sa mga tao. 17 Kaya
sabihin mo sa amin, ano sa palagay mo? Nararapat bang
magbayad ng mga buwis kay Cesar o hindi?" 18 Subalit
nakakaintindi ng kanilang kasamaan si Jesus at nagsabi,
"Bakit ninyo ako sinusubok, kayong mga mapagkunwari?
19 Ipakita ninyo sa akin ang pangbuwis na salapi." Dinala
nila ang isang denaryo sa kaniya. 20 At sinabi ni Jesus
sa kanila, "Kaninong mukha at pangalan ang narito?" 21
Sinabi nila sa kaniya, "Kay Cesar." At sinabi ni Jesus sa
kanila, "Kung gayon ibigay kay Cesar ang mga bagay na kay
Cesar, at sa Diyos ang mga bagay na sa Diyos." 22 Nang
mapakinggan nila ito, namangha sila. At iniwan nila siya at
umalis sila. 23 Sa araw na iyon ilan sa mga Saduseo na mga
nagsasabi na walang muling pagkabuhay ay pumunta sa
kaniya. Tinanong nila siya, 24 na nagsasabi, "Guro, sinabi ni
Moises na, 'Kung ang tao ay mamatay, na walang anak,
kailangang pakasalan ng kapatid niya ang kaniyang asawa
at magkaroon ng anak alang-alang sa kaniyang kapatid.' 25
Mayroong pitong magkakapatid na lalaki. Ang panganay
ay nag-asawa at namatay, at hindi nagkaanak. Iniwan niya
ang kaniyang asawa sa kaniyang kapatid na lalaki. 26 At
ang pangalawang kapatid na lalaki gayon din ang ginawa
niya, at ang pangatlo, hanggang sa pampitong kapatid na
lalaki. 27 Pagkatapos nilang lahat, namatay din ang babae.
28 Ngayon sa muling pagkabuhay, kaninong asawa siya
sa pitong magkakapatid? Sapagkat siya ay naging asawa
nilang lahat." 29 Subalit sumagot si Jesus at sinabi sa kanila,
"Nagkakamali kayo, sapagkat hindi ninyo alam ang mga
kasulatan maging ang kapangyarihan ng Diyos. 30 Sapagkat
sa muling pagkabuhay hindi na sila mag-aasawa, o pag-
aasawahin. Sa halip, sila ay katulad ng mga anghel sa langit.
31 Ngunit tungkol sa muling pagkabuhay ng mga patay,
hindi ba ninyo nababasa kung ano ang sinabi sa inyo ng
Diyos, na nagsasabi, 32 'Ako ang Diyos ni Abraham, ang
Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob'? "Ang Diyos ay hindi
Diyos ng mga patay, kung hindi ng mga buhay." 33 Nang
mapakinggan ito ng mga tao, sila ay namangha sa kaniyang
katuruan. 34 Subalit nang mapakinggan ng mga Pariseo
na napatahimik ni Jesus ang mga Saduseo, nagtipuntipon
sila. 35 Isa sa kanila na isang abogado ay nagtanong sa
kaniya ng isang katanungan, upang subukin siya— 36 "Guro,
alin ba ang pinakadakilang utos sa kautusan?" 37 Sinabi ni
Jesus sa kaniya, "Kinakailangang ibigin mo ang Panginoon
mong Diyos, nang buong puso mo, nang buong kaluluwa
mo, at nang buong pag-iisip mo.' 38 Ito ang dakila at unang
kauutusan. 39 At ang pangalawang kautusan ay katulad
nito— 'Kinakailangang ibigin mo ang iyong kapwa katulad
ng pagmamahal mo sa iyong sarili.' 40 Dito sa dalawang
mga kautusang ito nakasalalay ang buong kautusan at ang
mga propeta." 41 Ngayon habang ang mga Pariseo ay
nagkakatipon pa rin, si Jesus ay nagtanong sa kanila ng
katanungan. 42 Sinabi niya, "Ano ang iniisip ninyo tungkol
kay Cristo? Kaninong anak siya?" Sinabi nila sa kaniya, "Ang
anak ni David." 43 Sinabi ni Jesus sa kanila, "Papaanong si
David sa Espiritu ay tumawag sa kaniyang Panginoon, na
nagsabi, 44 'Ang Panginoon ay nagsabi sa aking Panginoon,
"Umupo ka sa dako ng aking kanang kamay, hanggang ang
iyong mga kaaway ay maging tungtungan ng iyong mga
paa."'?" 45 Kung si David nga ay tinawag niya ang Cristo na
'Panginoon', paano siya naging anak ni David?" 46 Walang
kahit isa na makasagot sa kaniya ng isang salita, at mula sa
araw na iyon walang sinumang sumubok pang magtanong
sa kaniya.

**23** Pagkatapos nito, nagsalita si Jesus sa maraming tao
at sa kaniyang mga alagad. 2 Sinabi niya, "Ang mga
eskriba at mga Pariseo ay umuupo sa upuan ni Moises. 3
Kaya kung ano man ang iutos nila na gawin ninyo, gawin at
sundin ninyo ang mga bagay na ito. Ngunit huwag ninyong
tularan ang mga gawa nila, dahil nagsasabi sila ngunit
hindi naman nila ginagawa. 4 Totoo nga, nagbibigkis sila
ng mga mabibigat na mga pasanin na mahirap dalhin, at
ipinapasan nila sa balikat ng mga tao. Ngunit sila mismo ay
hindi gagalaw ng iisang daliri upang buhatin nila ang mga
ito. 5 Lahat ng mga gawa nila, ginawa nila upang makita ng
mga tao. Sapagkat pinapalawak nila ang mga pilakterya nila
at pinalalaki nila ang mga laylayan ng kanilang mga damit. 6
Gusto nilang umupo sa mga pangunahing lugar ng mga
pista at sa mga pangunahing upuan sa sinagoga, 7 at mga
natatanging pagbati sa mga pamilihan at tawagin silang,
"Rabi" ng mga tao. 8 Ngunit hindi kayo dapat tawagin na
'Rabi', sapagkat iisa lang ang guro ninyo, at lahat kayo ay
magkakapatid. 9 At huwag ninyong tawagin na ama ang

kahit sinuman sa lupa dahil iisa lang ang inyong Ama at
siya ay nasa langit. **10** At hindi rin dapat kayong tawagin na
'guro' dahil iisa lang ang inyong guro, ang Cristo. **11** Ngunit
ang pinakadakila sa inyo ay siyang maging tagapaglingkod
sa inyo. **12** Kung sinuman ang nagtataas sa kaniyang
sarili ay ibababa. At kung sinumang nagpapakababa sa
kaniyang sarili ay itataas. **13** Ngunit aba kayong mga eskriba
at mga Pariseo, mga mapagkunwari! Sinarhan ninyo ang
kaharian ng langit sa mga tao. Kayo nga mismo ay hindi
pumapasok at hindi rin ninyo pinayagan yung ibang papasok
pa lamang. **14** (Ngunit aba kayong mga eskriba at mga
Pariseo, mga mapagkunwari! Sinakmal ninyo ang mga
bahay ng mga babaeng balo habang nagpapakita kayo
ng mahabang panalangin.) **15** Aba kayong mga eskriba
at mga Pariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat nilalakbay
ninyo ang karagatan at lupain upang makahikayat ng isang
mananampalataya. At kung maging mananampalataya na
siya, dalawang beses ninyo siyang ginawang anak ng
impyerno na katulad ninyo mismo. **(Geenna g1067)** **16** Aba kayo,
kayong mga bulag na tagapaggabay, kayo na nagsasabi,
'Kung ipanumpa ng ninuman ang templo, balewala lang
iyon. Ngunit kung ipanumpa ninuman ang ginto sa templo,
nakagapos siya sa kaniyang panunumpa.' **17** Kayong mga
hangal na bulag, alin ba ang mas mahalaga, ang ginto o
ang templo kung saan iniaalay ang ginto sa Diyos? **18** At,
'Kung ipanumpa ninuman ang altar, balewala lang iyon.
Subalit kung ipanumpa ninuman ang handog na nasa altar,
nakagapos siya sa kaniyang panunumpa.' **19** Kayong mga
bulag, alin ba ang mas mahalaga, ang kaloob o ang altar
kung saan iniaalay ang kaloob sa Diyos? **20** Kaya kung
ipanumpa ninuman ang altar, ipanumpa niya ito at ang lahat
ng mga naroon. **21** At kung ipanumpa ninuman ang templo,
ipanumpa niya ito at sa kaniya na nakatira doon. **22** At kung
ipanumpa ninuman ang langit, ipanumpa niya ang trono
ng Diyos at sa kaniya na nakaupo roon. **23** Aba kayong
mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat
nagbibigay kayo ng ikapu ng mga yerbabuena, anis at
kumin, ngunit hindi ninyo ginagawa ang mas mahalagang
mga bagay tungkol sa batas - katarungan, kahabagan at
pananampalataya. Subalit dapat sanang gawin ninyo ang
mga ito at huwag pabayaang gawin ang iba. **24** Kayong mga
bulag na tagagabay, kayong mga nagsasala ng mga niknik
ngunit nilulunok ang kamelyo! **25** Aba kayong mga eskriba at
mga Pariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat nililinis ninyo
ang labas ng tasa at pinggan, ngunit sa loob puno ang mga
ito ng pangingikil at kalabisan. **26** Ikaw bulag na Pariseo,
linisin mo muna ang loob ng tasa at pinggan upang ang
labas ay magiging malinis din. **27** Aba kayong mga eskriba
at mga Pariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat tulad kayo
ng mga mapuputing puntod na nilinis na magandang tingnan
sa labas, ngunit sa loob ay puno ng mga buto ng mga patay
at lahat ng karumihan. **28** Gayon din, kayo rin sa panlabas
ay matuwid sa paningin ng mga tao, ngunit sa loob ay puno
kayo ng pagkukunwari at mga katampalasanan. **29** Aba
kayong mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagkunwari!
Sapagkat gumagawa kayo ng mga puntod ng mga propeta at
pinalamutian ang mga puntod ng mga matuwid. **30** Sinasabi
ninyo na, 'Kung nabuhay kami sa kapanahunan ng aming
mga ama, hindi kami sasali sa pag-ula ng dugo ng mga
propeta.' **31** Sa gayon kayo mismo ang nagpapatotoo na
kayo ay mga anak ng mga pumatay sa mga propeta. **32**
Pinupuno rin ninyo ang mga kota ng kasalanan ng inyong
mga ama. **33** Kayong mga ahas, mga anak ng ulupong,
paano ninyo matatakasan ang hatol sa impyerno? **(Geenna
g1067)** **34** Kaya, tingnan ninyo, magsusugo ako ng mga
propeta, mga pantas, at mga eskriba. Ang iba sa kanila ay
papatayin ninyo at ipapako sa krus. At yung iba sa kanila
hahagupitin ninyo sa mga sinagoga ninyo at hahabulin
ninyo sila saang lungsod man sila. **35** Ang kalabasan ay
mapapasainyo ang lahat ng mga dugo ng mga matuwid na
inula sa lupa, mula sa dugo ni Abel na matuwid hanggang sa
dugo ni Zacarias na anak ni Baraquias na pinatay ninyo sa
gitna ng santuwaryo at altar. **36** Katotohanang sinasabi ko
sa inyo, lahat ng mga ito ay mangyayari sa salin-lahing ito.
**37** Jerusalem, Jerusalem, kayo na pumatay sa mga propeta
at bumato sa mga sinugo ko sa inyo! Madalas kong ninais
na tipunin ang mga anak mo, gaya ng inahin na nililikom
ang kaniyang mga sisiw sa ilalim ng kaniyang mga pakpak,
ngunit hindi kayo sumang-ayon! **38** Tingnan ninyo, maiwan
na sa inyo ang bahay ninyo na napabayaan. **39** Sapagkat
sasabihin ko sa inyo, Magmula ngayon hindi na ninyo ako
makikita hanggang sa sasabihin ninyong, “Pinagpala ang
darating sa pangalan ng Panginoon.”

**24** Lumabas si Jesus mula sa templo at nagpatuloy sa
kaniyang pupuntahan. Nilapitan siya ng mga alagad
niya upang ipakita sa kaniya ang mga gusali ng templo.
**2** Ngunit sumagot siya at sinabi sa kanila, “Hindi ba ninyo
nakikita ang lahat ng mga ito? Totoo itong sinasabi ko
sa inyo, wala ni isa mang bato na maiiwang nakapatong
sa isa pang bato na hindi guguho.” **3** Habang nakaupo
si Jesus sa Bundok ng mga Olibo, sarilinang lumapit ang
mga alagad sa kaniya at sinabi nila, “Sabihin mo sa amin,
kung kailan mangyari ang mga ito? Ano ang magiging
palatandaan sa inyong pagparito at ang katapusan ng
mundo?” **(aiōn g165)** **4** Sumagot si Jesus sa kanila at sinabi,
“Mag-ingat kayo na walang makahikayat sa inyo na mailigaw
kayo. **5** Sapagkat marami ang paririto sa aking pangalan.
Sasabihin nila, 'Ako ang Cristo,' at marami ang maililigaw. **6**

Makaririnig kayo ng mga digmaan at mga balita tungkol sa
digmaan. Tingnan ninyo na hindi kayo mababalisa, sapagkat
kailangang mangyari ang mga ito; ngunit hindi pa ito ang
katapusan. **7** Sapagkat lalabanan ng isang bansa ang kapwa
bansa, at kaharian sa kapwa kaharian. Magkakaroon ng mga
taggutom at mga lindol sa iba't ibang mga lugar. **8** Ngunit
lahat ng mga ito ay simula pa lamang ng sakit ng paghilab
ng babaeng manganganak. **9** Pagkatapos nito, dadalhin
nila kayo sa kapighatian at papatayin kayo. Kasusuklaman
kayo ng lahat ng mga bansa ng dahil sa pangalan ko. **10** At
marami ang matitisod at ipagkanulo nila ang isa't isa, at
kasusuklaman nila ang isa't isa. **11** Marami ang lilitaw na
mga bulaang propeta at ililigaw nila ang marami. **12** Dahil
lalaganap ang katampalasanan, ang pag-ibig ng karamihan
ay lalamig. **13** Ngunit kung sino ang makapagtitiis hanggang
sa katapusan, siya ang maliligtas. **14** Itong ebanghelyo ng
kaharian ay ipangangaral sa buong mundo bilang patotoo
sa lahat ng mga bansa. At pagkatapos nito darating na
ang katapusan. **15** Kaya, kapag makita na ninyo ang
kasuklamsuklam na kalagiman, na sinabi ng propetang si
Daniel, na nakatayo na sa banal na lugar (unawain ito ng
nagbabasa), **16** kailangang tumakas silang mga nasa Judea
patungo sa kabundukan, **17** iyong nasa taas ng kanilang
bahay huwag nang bumaba upang kumuha ng anumang
nasa bahay, **18** at iyong nasa bukid huwag nang bumalik
upang kumuha ng kaniyang balabal. **19** Ngunit aba sila na
mga nagdadalang tao at ang mga nagpapasuso ng mga
anak nila sa panahong iyon! **20** Ipanalangin ninyo na ang
pagtatakas ninyo ay hindi mangyari sa taglamig o sa Araw
ng Pamamahinga. **21** Sapagkat magkaroon ng matinding
kapighatian na hindi pa nararanasan mula pa sa simula ng
mundo hanggang ngayon, hindi, hindi na muling mangyayari
kailanpaman. **22** Maliban na lamang kung paiikliin ang mga
araw na iyon, wala ni isa mang laman ang maliligtas. Ngunit
alang-alang sa mga hinirang, ang mga araw na iyon ay
paiikliin. **23** Kaya kung mayroong magsasabi sa inyo na,
''Tingnan ninyo, narito ang Cristo!' o 'Nariyan ang Cristo!'
huwag ninyong paniwalaan. **24** Sapagkat darating ang mga
bulaang Cristo at mga bulaang propeta at magpapakita ng
kahanga-hangang palatandaan at kababalaghan, upang
iligaw, kung maaari, maging ang mga hinirang. **25** Tingnan
ninyo, ipinagpauna ko ng sabihin ito sa inyo. **26** Kaya kapag
pagsinasabi nila sa inyo, 'Tingnan ninyo, ang Cristo ay nasa
sa ilang', huwag kayong pumunta sa ilang. O, 'Tingnan
ninyo, siya ay nasa loobang silid, huwag ninyong paniwalaan
ito. **27** Sapagkat katulad ng pagliwanag ng kidlat galing
sa silangan at pagkislap nito sa kanluran, ganoon din ang
pagdating ng Anak ng Tao. **28** Kung saan man naroroon
ang patay na hayop, doon din magtitipon ang mga buwitre.
**29** Ngunit agad-agad pagkatapos ng kapighatian sa mga
araw na iyon, ang araw ay didilim, hindi na magliwanag
ang buwan, malalaglag ang mga bituin mula sa langit, at
ang mga kapangyarihan ng kalangitan ay mayayanig. **30**
Pagkatapos nito, ang palatandaan ng Anak ng Tao ay lilitaw
sa himpapawid, at kakabugin ng lahat ng mga tribu ang
kanilang mga dibdib. Makikita nila ang Anak ng Tao na
darating mula sa langit na may kapangyarihan at dakilang
kaluwalhatian. **31** Susuguin niya ang kaniyang mga anghel
na may malakas na tunog ng trumpeta, at titipunin nila ang
lahat ng kaniyang hinirang mula sa apat na mga hangin,
mula sa isang dulo ng kalangitan hanggang sa kabilang
dulo. **32** Pag-aralan ninyo ang aral mula sa puno ng igos.
Kapag nananariwa na ang mga sanga at nagdadahon na ito,
alam na ninyo na malapit na ang tag-araw. **33** Gayun din
naman, kung makikita ninyo ang lahat ng mga ito, dapat
malaman ninyo na malapit na siya, nasa tarangkahan na.
**34** Totoo itong sinasabi ko sa inyo, ang salinlahing ito ay
hindi lilipas hanggang mangyari ang lahat ng ito. **35** Lilipas
ang langit at ang lupa, ngunit ang mga salita ko ay hindi
kailanman lilipas. **36** Ngunit tungkol sa araw at oras na iyon,
walang nakakaalam kahit ang mga anghel sa langit, ni ang
Anak, tanging ang Ama lamang. **37** Katulad sa kapanahunan
ni Noe, ganoon din ang pagparito ng Anak ng Diyos. **38**
Dahil katulad sa mga araw bago ang baha, sila ay nagkainan
at nag-inuman, nag-aasawa at pinahintulutan ang mga anak
nila na mag-asawa hanggang sa pumasok si Noe sa arka,
**39** at wala silang kaalam-alam hanggang sa dumating ang
baha at kinuha silang lahat—ganoon din sa pagparito ng
Anak ng Tao. **40** Sa panahong iyon ay may dalawang tao
na nasa bukid — ang isa ay kukunin at ang isa naman ay
maiiwan. **41** Dalawang babae ang naggigiling sa gilingan —
ang isa ay kukunin at ang isa naman ay maiiwanan. **42** Kaya
magbantay kayo, dahil hindi ninyo alam kung anong araw
darating ang inyong Panginoon. **43** Ngunit alamin ninyo ito,
kung alam lang sana ng amo ng tahanan kung anong oras
darating ang magnanakaw, nagbantay sana siya at hindi
niya hinayaang mapasukan ang kaniyang bahay. **44** Kaya
kailangang maghanda kayo, sapagkat darating ang Anak ng
Tao sa oras na hindi ninyo inaasahan. **45** Kaya sino ang
matapat, matalino na utusan na pinagkatiwalaan ng kaniyang
amo sa kaniyang sambahayan, upang magbigay ng kanilang
pagkain sa tamang panahon? **46** Pinagpala ang utusan na
iyon, na maratnan ng kaniyang among gumagawa nito sa
kaniyang pagdating. **47** Totoo itong sinasabi ko sa inyo na
ipamamahala ng amo sa kaniya ang lahat ng kaniyang ari-
arian. **48** Ngunit kung may masamang utusan na magsasabi
sa puso niya, 'Naantala ang aking amo,' **49** at nagsimulang
mamalo ng kapwa niyang utusan, at makipagkainan at

makipag-inuman sa mga lasingero, **50** darating ang amo
ng bahay na iyon sa araw na hindi inaasahan ng utusan,
sa oras na hindi niya alam. **51** Hahatiin siya sa dalawa ng
kaniyang amo at gagawin ang kaniyang kapalaran katulad
ng sasapitin ng mga mapagkunwari, kung saan mayroong
pagtatangis at pagngangalit ng mga ngipin.

**25** Ang kaharian ng langit ay magiging katulad ng
sampung birhen na nagdala ng kanilang mga ilawan at
pumuntang sumalubong sa lalaking ikakasal. **2** Ang lima
sa kanila ay hangal at ang lima ay matatalino. **3** Sapagkat
noong dinala ng limang hangal na birhen ang kanilang mga
ilawan, hindi sila nagdala ng karagdagang langis. **4** Ngunit
yung limang matatalinong birhen ay nagdala ng mga langis
sa lalagyan kasama ng kanilang ilawan. **5** Ngayon habang
naantala ang lalaking ikakasal, lahat sila ay inantok at
nakatulog. **6** Ngunit noong hating gabi na ay may sumigaw,
'Tingnan ninyo ang lalaking ikakasal! Pumunta na kayo
at salubungin siya.' **7** Kaya't tumayo ang lahat ng mga
birhen at inayos ang kanilang mga ilawan. **8** Sabi ng mga
hangal sa mga matatalino, 'Bigyan ninyo kami ng inyong
langis sapagkat nauubusan na ang aming ilawan.' **9** Ngunit
sumagot at sinabi ng mga matatalino, 'Dahil hindi na sapat
ang mga ito para sa amin at sa inyo, pumunta nalang kayo
doon sa mga nagbebenta at bumili kayo para sa inyong mga
sarili.' **10** Habang umalis sila upang bumili, dumating ang
lalaking ikakasal at ang mga nakahanda na ay sumama
sa kaniya sa handaan ng kasal at isinara ang pintuan. **11**
Pagkatapos nito ang ibang mga birhen ay dumating din at
nagsabi, 'Panginoon, panginoon, pagbuksan ninyo kami.' **12**
Ngunit sumagot siya at nagsabi, 'Totoo itong sinasabi ko
sa inyo, hindi ko kayo kilala.' **13** Kaya kailangan kayong
magbantay, sapagkat hindi ninyo alam ang araw o ang oras.
**14** Sapagkat ito ay katulad ng isang taong maglalakbay sa
ibang bansa. Tinawag niya ang sarili niyang mga utusan at
ipinagkatiwala sa kanila ang kaniyang kayamanan. **15** Ang isa
sa kanila ay binigyan niya ng limang talento, ang isa naman
ay binigyan niya ng dalawa at ang isa naman ay binigyan
niya ng isang talento. Nakatanggap ang bawat isa ayon sa
kaniya-kaniyang kakayahan, at ang taong iyon ay pumunta
sa kaniyang paglalakbay. **16** Agad-agad ang nakatanggap
ng limang talento ay umalis at ipinuhunan niya ang mga ito
at nagkaroon pa siya ng limang talento. **17** Ganoon din ang
nakatanggap ng dalawang talento, nagkaroon din ng dalawa
pa. **18** Ngunit ang utusan na nakatanggap ng isang talento
ay umalis, naghukay sa lupa at itinago ang pera ng kaniyang
amo. **19** Pagkalipas ng matagal na panahon, bumalik ang
amo ng mga utusan at nakipagsulit sa kanila. **20** Dumating
ang utusan na nakatanggap ng limang talento at nagdala ng
lima pang talento, at sinabi niya, "Panginoon, binigyan mo
ako ng limang talento. Tingnan mo, nagkaroon ako ng lima
pang talento.' **21** Sinabi ng amo sa kaniya, 'Magaling, mabuti
at matapat na utusan! Naging tapat ka sa kaunting mga
bagay. Gagawin kitang tagapamahala sa maraming bagay.
Makibahagi ka sa kagalakan ng iyong amo.' **22** Dumating din
ang utusan na nakatanggap ng dalawang talento, at sinabi
niya, 'Panginoon, binigyan mo ako ng dalawang talento.
Tingnan mo, nagkaroon ako ng dalawa pang talento.' **23**
Sinabi ng amo sa kaniya, 'Magaling, mabuti at matapat
na utusan! Naging tapat ka sa kaunting bagay. Gagawin
kitang tagapamahala sa maraming bagay. Makibahagi ka sa
kagalakan ng iyong amo.' **24** Pagkatapos nito, ang utusan
na nakatanggap ng isang talento ay dumating at nagsabi,
'Panginoon, alam ko na mahigpit kang tao. Gumagapas ka
kung saan hindi ka nagtanim, at umaani kung saan hindi ka
naghasik. **25** Natakot ako, kaya ako ay umalis at itinago
ko ang inyong talento sa lupa. Tingnan mo, nandito ang
pagmamay-ari mo.' **26** Ngunit sumagot ang kaniyang amo at
sinabi sa kaniya, 'Ikaw na masama at tamad na utusan,
alam mo naman na gumagapas ako kung saan hindi ako
nagtanim at umaani kung saan hindi ako naghasik. **27**
Kaya ibinigay mo sana ang pera ko sa mga tagabangko,
upang sa aking pagdating natanggap ko na may tubo ang
aking pera. **28** Kaya kunin ninyo ang talento sa kaniya
at ibigay ninyo doon sa mayroong sampung talento. **29**
Sapagkat kung sinuman ang mayroon, mas marami pa
ang ibibigay — mas masagana pa. Subalit kung sino ang
walang pagmamay-ari, kahit ang nasa sa kaniya ay kukunin
pa. **30** Itapon ang walang silbing utusan sa kadiliman sa
labas, kung saan mayroong pagtatangis at pagngangalit
ng mga ngipin. **31** Pagdating ng Anak ng Tao sa kaniyang
kaluwalhatian at kasama ang lahat ng kaniyang mga anghel,
uupo siya sa kaniyang marangal na trono. **32** Sa harap
niya magtitipon ang lahat ng mga bansa, at pagbubukud-
bukurin niya ang mga tao sa isa't isa, katulad ng pastol na
hinihiwalay ang tupa at kambing. **33** Ilalagay niya ang mga
tupa sa kaniyang kanan ngunit ang mga kambing ay sa
kaniyang kaliwa. **34** At sasabihin ng Hari sa mga nasa kanan
niya, 'Halikayo, pinagpala kayo ng aking Ama, mamanahin
ninyo ang kaharian na inihanda para sa inyo mula pa noong
likhain ang mundo. **35** Sapagkat ako ay nagutom at binigyan
ninyo ako ng pagkain; ako ay nauhaw at binigyan ninyo ako
ng inumin; ako ay dayuhan at pinatuloy ninyo ako; **36** ako ay
hubad at dinamitan ninyo ako, ako ay may sakit at inalagaan
ninyo ako; ako ay nasa kulungan at pinuntahan ninyo ako.
**37** At sasagot ang mga matuwid at sasabihin, 'Panginoon,
kailan ka namin nakitang nagutom at pinakain, o nauhaw at
binigyan ng inumin? **38** at kailan ka namin nakitang dayuhan
at pinatuloy ka? O hubad at dinamitan? **39** At kailan ka

namin nakita na may sakit, o nakulong at pinuntahan ka
namin?' 40 At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, totoo
itong sinasabi ko sa inyo, kung ano man ang nagawa ninyo
sa mga hamak kong kapatid dito, ginawa ninyo ito sa akin.'
41 At sasabihin niya sa mga nasa kaniyang kaliwa, 'Lumisan
kayo sa akin, kayong sinumpa, sa apoy na walang hanggan
na inihanda para sa diyablo at sa kaniyang mga anghel,
**(aiōnios g166)** 42 sapagkat ako ay nagutom ngunit hindi ninyo
ako binigyan ng pagkain; nauhaw ako ngunit hindi ninyo
ako binigyan ng inumin; 43 ako ay isang dayuhan ngunit
hindi ninyo ako pinatuloy, hubo't hubad ngunit hindi ninyo
ako dinamitan, may sakit at nasa kulungan, ngunit hindi
ninyo ako inalagaan. 44 At sasagot din sila at sasabihin,
“Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, o nauhaw,
o dayuhan, o hubad, o may sakit, o nasa kulungan, at
hindi kayo pinaglingkuran?' 45 At sasagot siya sa kanila
at magsabi, 'Totoo itong sasabihin ko sa inyo, anumang
hindi ninyo ginawa sa mga pinakahamak na ito, hindi ninyo
ginawa sa akin.' 46 Ang mga ito ay pupunta sa walang
katapusang parusa ngunit ang matuwid, sa buhay na walang
hanggan.” **(aiōnios g166)**

**26** At nangyari nang matapos ni Jesus ang lahat ng mga
salitang ito, sinabi niya sa kaniyang mga alagad, 2
“Alam ninyo na pagkalipas ng dalawang araw darating ang
Paskua, at ang Anak ng Tao ay ibibigay upang maipako sa
krus”. 3 At ang mga punong pari at ang mga nakatatanda ng
mga tao ay nagkatipun-tipon sa palasyo ng pinakapunong
pari na nagngangalang si Caifas. 4 Nagsabwatan sila na
hulihin si Jesus ng panakaw at patayin. 5 Sapagkat sinasabi
nila, “Hindi sa araw ng pista, upang hindi magkaroon ng
kaguluhan ang mga tao. 6 Ngayon, habang si Jesus ay
nasa Betania sa bahay ni Simon na ketongin, 7 habang siya
ay nakasandal sa mesa, may babae na lumapit sa kaniya
na may dalang isang sisidlang alabastro ng mamahaling
pabango, at ibinuhos niya ito sa kaniyang ulo. 8 Subalit ng
makita ng kaniyang mga alagad ito, sila'y nagalit at sinabi,
“Anong dahilan sa pag-aaksayang ito? 9 Maaari sana itong
ipagbili ng malaking halaga at ipamimigay sa dukha.” 10
Ngunit si Jesus, na nalalaman ito, sinabi sa kanila, “Bakit
ninyo binabagabag ang babaing ito? Sapagkat gumagawa
siya ng napakabuting bagay sa akin. 11 Nasa inyo palagi
ang mga dukha, subalit hindi ninyo ako makakasama palagi.
12 Sapagkat nang binuhos niya itong pabango sa aking
katawan, ginawa niya ito para sa aking paglilibing. 13
Totoo itong sinasabi ko sa inyo, saan man ipangaral ang
magandang balita sa buong mundo, ang ginawa ng babaeng
ito ay ipagsasabi din sa pag-alala sa kaniya.” 14 At ang
isa sa Labingdalawa na nagngangalang Judas Iscariote ay
pumunta sa mga punong pari 15 at sinabi, “Ano ang nais
ninyong ibigay sa akin, upang siya'y ibigay ko sa inyo?”
At nagtimbang sila ng tatlumpung piraso ng pilak para
sa kaniya. 16 Mula ng panahong iyon humanap siya ng
pagkakataon upang ibigay siya sa kanila. 17 Ngayon sa
unang araw ng tinapay na walang pampaalsa, nagsilapit ang
mga alagad kay Jesus at nagsabi, “Saan mo nais na tayo ay
maghanda upang iyong kainin ang pagkain ng Paskwa?” 18
Sinabi niya, “Pumunta kayo sa lungsod sa isang tao roon
at sabihin ninyo sa kaniya, 'Sinabi ng Guro, “Ang panahon
ko ay malapit na. Gaganapin ko ang Paskwa sa inyong
bahay kasama ng aking mga alagad.”'” 19 Ginawa ng mga
alagad kung ano ang ipinag-utos ni Jesus sa kanila, at
inihanda nila ang pagkain ng Paskwa. 20 Nang sumapit
ang gabi, umupo siya upang kumain kasama ang mga
labingdalawang alagad. 21 Habang sila'y kumakain, sinabi
niya, “Totoo itong sinasabi ko sa inyo na ako'y ipagkakanulo
ng isa sa inyo.” 22 At sila'y lubhang nalungkot, at ang bawat
isa ay nagsimulang nagsipagtanong sa kaniya, “Tiyak na
hindi ako, Panginoon?” 23 Sumagot siya, “Ang sinumang
kasabay kong sumawsaw ng kaniyang kamay ay siyang
magkanulo sa akin. 24 Ang Anak ng Tao ay aalis, katulad ng
naisulat patungkol sa kaniya. Ngunit aba sa lalaking iyon
na magkanulo sa Anak ng Tao! Mas mabuti pa sa lalaking
iyon na hindi na siya ipinanganak.” 25 Si Judas, na siyang
nagkanulo sa kaniya ay nagsabi, “Ako ba, Rabi?” Sinabi
niya sa kaniya. “Ikaw mismo ang nagsabi.” 26 Habang sila'y
kumakain, kumuha si Jesus ng tinapay, ipinagpasalamat
ito, at pinagputol-putol. Binigay niya ito sa kaniyang mga
alagad at sinabi, “Kunin ninyo, kainin ninyo. Ito ay ang aking
katawan.” 27 Kumuha siya ng kopa at nagpasalamat, at
ibinigay ito sa kanila at sinabi, “Inumin ninyo ito, kayong
lahat. 28 Sapagkat ito ay ang aking dugo ng kasunduan na
ibinuhos para sa marami para sa ikapapatawad ng mga
kasalanan. 29 Subalit sasabihin ko sa inyo, buhat ngayon
hindi na ako muling iinom nitong bunga ng ubas, hanggang
sa araw na ako ay iinom nito ng panibago kasama ninyo
sa kaharian ng aking Ama.” 30 At pagka-awit nila ng isang
himno, pumunta sila sa Bundok ng mga Olibo. 31 At sinabi
ni Jesus sa kanila, “Lahat kayo ay aalis ngayong gabi nang
dahil sa akin, sapagkat ito ay nasusulat, 'Hahampasin ko ang
pastol ng tupa at ang mga tupa ng kawan ay maikakalat.' 32
Ngunit pagkatapos nang aking pagkabuhay, mauuna ako sa
inyo sa Galilea.” 33 Ngunit sinabi ni Pedro sa kaniya, “Kahit
ang lahat ay aalis dahil sa iyo, ako ay hinding-hindi aalis.” 34
Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Totoo itong sinasabi ko sa inyo,
sa gabing ito bago tumilaok ang tandang, ikakaila mo ako
ng tatlong beses.” 35 Sinabi ni Pedro sa kaniya, “Kahit ako
ay mamatay, hindi kita ikakaila.” At ganoon din ang sinabi
ng lahat ng mga alagad. 36 Pagkatapos, pumunta si Jesus

na kasama sila sa isang lugar na tinawag na Getsemani at
sinabi sa kaniyang mga alagad, “Umupo kayo dito habang
ako ay pupunta doon at manalangin.” 37 Sinama niya si
Pedro at ang dalawang anak ni Zebedeo at nagsimula siyang
nalungkot at nabagabag. 38 At sinabi niya sa kanila, “Ang
kaluluwa ko ay lubha na namimighati, maging sa kamatayan.
Manatili kayo dito at magbantay kasama ko.” 39 Lumakad
siya nga medyo malayo, at siya'y nagpatirapa, at nanalangin.
Sinabi nya, “Aking Ama, kung maaari, hayaan na ang tasang
ito ay lalampas sa akin. Gayunman, hindi sa nais ko kundi
ayon sa nais mo.” 40 Lumapit siya sa mga alagad at sila'y
kaniyang nadatnang natutulog at sinabi niya kay Pedro,
“Ano, hindi ba ninyo kayang magbantay kasama ko ng isang
oras? 41 Magbantay kayo at manalangin upang hindi kayo
matukso. Ang espiritu ay nagnanais, ngunit ang laman ay
mahina.” 42 Umalis siya sa pangalawang pagkakataon at
nanalangin, at nagsabi, “Aking Ama, kung hindi ito maaring
lilipas maliban na inumin ko ito, ang kalooban mo ang
magaganap.” 43 At siya'y nagbalik muli at nakita silang
natutulog, sapagkat mabigat na ang kanilang mga mata.
44 At muli niya silang iniwan at siya'y umalis. Nanalangin
siya sa ikatlong pagkakataon at sinabi ang ganoon ding
mga salita. 45 Pagkatapos, lumapit si Jesus sa kaniyang
mga alagad at sinabi sa kanila, “Natutulog pa rin ba kayo
at namamahinga? Tingnan ninyo, malapit na ang oras, at
ang Anak ng Tao ay ipagkanulo sa mga kamay ng mga
makasalanan. 46 Tumindig kayo, aalis na tayo. Tingnan
ninyo, malapit na ang magkanulo sa akin.” 47 Habang siya'y
nagsasalita, si Judas na isa sa Labingdalawa ay dumating.
Kasama niya ang napakaraming tao na mula sa mga punong
pari at mga nakatatanda sa mga tao. Dumating sila na may
dalang mga espada at mga pamalo. 48 Ngayon ang tao na
magkanulo kay Jesus ay nagbigay ng hudyat sa kanila na
nagsasabi, “Kung sinuman ang aking hahalikan, siya na iyon.
Sunggaban siya.” 49 Agad-agad lumapit siya kay Jesus at
sinabi, “Binabati kita, Rabi” At hinalikan niya siya. 50 Sinabi ni
Jesus sa kaniya, “Kaibigan, gawin mo kung ano ang ipinunta
mo dito.” Pagkatapos, nagsidatingan sila at hinawakan si
Jesus, at sinunggaban siya. 51 Masdan ito, ang isa sa mga
kasama ni Jesus ay inunat ang kaniyang kamay at hinugot
ang kaniyang espada at tinapyas ang alipin ng pinakapunong
pari, at tinagpas ang kaniyang tainga. 52 Pagkatapos, sinabi
ni Jesus sa kaniya, “Ibalik mo ang espada sa kaniyang
kaluban, sapagkat ang lahat ng gagamit ng espada ay
masasawi sa pamamagitan din ng espada. 53 Iniisip ba ninyo
na hindi ko kayang tumawag sa aking Ama, at padadalhan
niya ako ng higit pa sa labindalawang pulutong ng mga
anghel? 54 Ngunit paano matutupad ang mga kasulatan, na
dapat mangyari?” 55 Sa oras na iyon si Jesus ay nagsabi sa
maraming tao, “Pumunta kayo rito na dala-dala ang mga
espada at mga pamalo upang hulihin ako katulad ng isang
tulisan? Araw-araw ay nakaupo ako sa templo na nagtuturo
at hindi ninyo ako hinuli. 56 Ngunit lahat ng ito ay kailangang
mangyari upang ang mga sinusulat ng mga propeta ay
matupad.” At iniwanan siya ng lahat ng mga alagad at
sila’y tumakas. 57 Ang mga humuli kay Jesus ang nagdala
sa kaniya sa pinakapunong pari na si Caifas, kung saan
ang mga eskriba at mga nakatatanda ay nagkatipun-tipon.
58 Ngunit sumunod si Pedro sa kaniya na may kalayuan
hanggang sa patyo ng pinakapunong pari. Pumunta siya
sa loob at umupo kasama ng mga tagapagbantay upang
makita ang kahihinatnan. 59 Ngayon, ang mga punong pari
at ang buong Konseho ay naghahanap ng maling patotoo
laban kay Jesus, upang siya'y kanilang mapatay. 60 Ngunit
wala silang mahanap na kahit ano, bagamat maraming
maling mga saksi ang nagsilapit. Ngunit mayamaya may
dalawang lumapit 61 at sinabi, “Sinabi ng taong ito, 'Kaya
kong gibain ang templo ng Diyos at muling maipatayo sa
loob ng tatlong araw.'” 62 Tumayo ang pinakapunong pari
at sinabi sa kaniya, “Wala ka bang isasagot? Ano itong
ipinapatotoo nila laban sa iyo? 63 Ngunit si Jesus ay tahimik
lamang. Sinabi ng pinakapunong pari sa kaniya, “Inuutusan
kita alang-alang sa Diyos na buhay, sabihin mo sa amin
kung ikaw nga ba si Cristo, ang Anak ng Diyos. 64 Si
Jesus ay sumagot sa kaniya, “Ikaw na mismo ang nagsabi.
Ngunit sasabihin ko sa inyo, magmula ngayon ay inyo nang
makikita ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanang kamay ng
Kapangyarihan at darating na nasa mga ulap ng langit.” 65
At pinunit ng pinakapunong pari ang kaniyang mga damit
at nagsabi, “Siya ay nagsalita ng kalapastangan! Bakit
kailangan pa natin ang mga saksi? Ngayon inyo nang narinig
ang kalapastangan. 66 Ano sa tingin ninyo?” Sumagot sila at
nagsabi, “Siya'y karapatdapat na mamatay.” 67 At dinuraan
nila siya sa mukha at pinagsusuntok at pinagsasampal 68 at
sinabi, “Hulaan mo sa amin, ikaw na Cristo. Sino sa amin
ang humampas sa iyo?” 69 Ngayon si Pedro ay nakaupo
sa labas ng patyo at isang utusang babae ang lumapit sa
kaniya at sinabi, “Kasama ka din ni Jesus na taga-Galilea.”
70 Ngunit ikinaila niya ito sa harap nilang lahat, na sinasabi,
“Hindi ko alam kung ano ang sinasabi mo.” 71 Nang siya ay
lumabas sa isang tarangkahan, isa pang utusang babae ang
nakakita sa kaniya at sinabi sa mga nandoon, “Ang taong ito
ay kasama din ni Jesus na taga-Nazaret.” 72 At muli niyang
ikinaila na may sumpa, “Hindi ko kilala ang lalaking iyan.” 73
At pagkalipas ng ilang sandali ay lumapit kay Pedro ang
mga nakatayo doon at sinabi, “Tiyak na ikaw rin ay isa sa
kanila, sapagkat halatang-halata ka sa iyong pananalita.” 74
Pagkatapos nito, nagsimula siyang magsalita ng masama at

nanumpang, “Hindi ko kilala ang lalaking iyan,” at agad-
agad tumilaok ang tandang. **75** At naalala ni Pedro ang mga
salitang sinabi ni Jesus na, “Bago tumilaok ang tandang
ikakaila mo ako nga tatlong beses.” At siya'y lumabas at
labis na umiyak.

**27** Ngayon, nang dumating na ang umaga, ang lahat ng
mga punong pari, at mga nakatatanda ng mga tao
ay nagsabwatan laban kay Jesus upang siya ay patayin.
**2** Siya ay ginapos nila at dinala palabas at ibinigay kay
Pilato na gobernador. **3** Pagkatapos nang si Judas na
nagkanulo sa kaniya ay nakitang nahatulan si Jesus, siya
ay nagsisisi at isinauli ang tatlumpung pirasong pilak sa
mga punong pari at mga nakatatanda, **4** at sinabi, “Ako
ay nagkasala sa pamamagitan ng pagkakanulo sa dugong
walang kasalanan.” Ngunit sinabi nila, “Ano ba sa amin iyon?
Tingnan mo yan sa iyong sarili.” **5** At kaniyang itinapon
pababa ang tatlumpung piraso ng pilak sa templo, at umalis,
at pumunta sa labas at siya ay nagbigti. **6** At kinuha ng mga
punong pari ang tatlumpung piraso ng pilak at sinabi, “Labag
sa kautusan na ilagay ito sa kaban ng yaman, sapagkat ito
ay kabayaran ng dugo.” **7** Sama-sama nilang pinag-usapan
ang bagay na ito at ang salapi ay ipinambili ng Bukid ng
Magpapalayok upang paglibingan ng mga dayuhan. **8** At
dahil dito ang bukid na iyon ay tinawag na, “Ang bukid ng
dugo” magpa-hanggang ngayon. **9** At ang sinabi ni Jeremias
na propeta ay natupad, na nagsasabi, “Kinuha nila ang
tatlumpung piraso ng pilak, ang halaga na inilaan sa kaniya
ng mga tao ng Israel, **10** at ibinigay nila ito para sa Bukid
ng Magpapalayok, ayon sa iniutos sa akin ng Panginoon.”
**11** Ngayon, nakatayo si Jesus sa harap ng gobernador, at
tinanong siya ng gobernador, “Ikaw ba ang Hari ng mga
Judio?” Sumagot si Jesus sa kaniya, “Ikaw na ang nagsabi.”
**12** Ngunit nang siya ay paratangan ng mga punong pari
at mga nakatatanda, hindi siya sumagot ng kahit ano. **13**
At sinabi ni Pilato sa kaniya, “Hindi mo ba naririnig ang
mga paratang laban sa iyo?” **14** Ngunit hindi siya sumagot
ng kahit isang salita, kaya ang gobernador ay labis na
namangha. **15** Ngayon, sa kapistahan nakaugalian na ng
gobernador na magpalaya ng isang bilanggo na napili ng
mga tao. **16** At sa panahon na iyon mayroon silang pusakal
na bilanggo na ang pangalan ay si Barabas. **17** At nang
sila ay nagkatipun-tipon, sinabi sa kanila ni Pilato, “Sino
ang gusto ninyong palayain ko para sa inyo? Si Barabas, o
si Jesus na tinatawag na Cristo?” **18** Dahil alam niya na
ipinasakamay siya ng mga ito dahil sa inggit. **19** Habang siya
ay nakaupo sa upuan ng hukuman, ang kaniyang asawa ay
nagpadala ng pasabi sa kaniya na nagsabi, “Huwag kang
makialam sa matuwid na taong iyan. Sapagkat labis akong
pinahirapan ngayon sa panaginip tungkol sa kaniya.” **20**
Ngayon, ang mga punong pari at ang mga nakatatanda ay
hinikayat ang mga tao upang hilingin si Barabas, at si Jesus
ay patayin. **21** At tinanong sila ng gobernador, “Sino sa
dalawang ito ang nais ninyong pakawalan ko?” Sinabi nila, si
Barabas.” **22** At sinabi ni Pilato sa kanila, “Ano ang gagawin
ko kay Jesus na tinatawag na Cristo?” Sumagot silang lahat,
“Ipako siya sa krus.” **23** At sinabi niya, “Bakit, ano ang krimen
na kaniyang nagawa?” Ngunit sila ay sumigaw pa ng mas
malakas, “Ipako siya sa krus.” **24** At nang nakita ni Pilato na
wala siyang magagawa, dahil nagsimula na ang kaguluhan,
kumuha siya ng tubig, naghugas siya ng kamay sa harapan
ng maraming tao, at sinabi, “Wala na akong pananagutan sa
dugo sa matuwid na taong ito. Kayo na ang bahala niyan.”
**25** Ang lahat ng mga tao ay nagsabi, “Nawa'y mapasaamin
at sa aming mga anak ang kaniyang dugo.” **26** Pagkatapos
ay pinakawalan niya si Barabas sa kanila, ngunit hinampas
niya si Jesus at ipinasakamay niya upang mapako sa krus.
**27** Pagkatapos, dinala ng mga kawal ng gobernador si Jesus
sa pretorio at tinipon ang buong pulutong ng mga kawal. **28**
At hinubaran nila siya at nilagyan ng pulang pula na balabal.
**29** At gumawa sila ng koronang tinik at inilagay sa kaniyang
ulo, at naglagay ng tungkod sa kaniyang kanang kamay.
Sila ay nagpatirapa sa kaniyang harapan at kinutya siya, at
nagsabi, “Sambahin, ang Hari ng mga Judio!” **30** At siya
ay dinuraan nila, at kinuha nila ang tungkod at hinampas
siya sa ulo. **31** Pagkatapos nilang kutyain siya, tinanggal
nila ang kaniyang balabal at isinuot sa kaniya ang sarili
niyang damit, at inilabas nila siya upang ipako siya sa krus.
**32** Habang sila ay lumalabas, nakakita sila ng taong taga
Cirene na nagngangalang Simon, na kanilang pinilit na
sumama sa kanila upang pasanin niya ang kaniyang krus.
**33** At sila ay nakarating sa lugar na tinatawag na Golgota,
na ang ibig sabihin ay, “Lugar ng mga Bungo.” **34** At siya
ay binigyan ng alak na may halong apdo. Ngunit nang
matikman niya ito, ayaw niya itong inumin. **35** Nang siya ay
ipinako nila sa krus, pinaghati-hatian nila ang kaniyang mga
kasuotan sa pamamagitan ng pagsasapalaran. **36** At sila ay
nagsiupo at binantayan siya. **37** Sa itaas ng kaniyang ulo
ay nilagyan nila ng sakdal laban sa kaniya na nagsasabi,
“Ito ay si Jesus, ang Hari ng mga Judio.” **38** May dalawang
magnanakaw na naipako sa krus na kasama niya, ang isa
ay sa kaniyang kanan at ang isa ay sa kaniyang kaliwa. **39**
At hinamak siya ng mga dumaan, at iniling ang kanilang
mga ulo **40** at nagsasabi, “Ikaw na sisira ng templo at itatayo
ito sa loob ng tatlong araw, iligtas mo ang iyong sarili! Kung
ikaw ang Anak ng Diyos, bumaba ka riyan sa krus!” **41**
Sa ganoon ding paraan kinutya siya ng mga punong pari,
kasama ng mga eskriba at mga nakatatanda, at sinabi, **42**
Siya'y nagligtas ng iba, ngunit hindi niya kayang iligtas ang

kaniyang sarili. Siya ay Hari ng Israel. Hayaan mo siyang
bumaba mula sa krus at tayo ay maniniwala na sa kaniya.
**43** Nagtiwala siya sa Diyos. Iligtas siya ng Diyos ngayon
kung nais niya, dahil sinabi niya, 'Ako ay Anak ng Diyos.' **44**
At ang mga magnanakaw na kasama niyang naipako sa
krus ay nagsalita din ng katulad na panlalait sa kaniya. **45**
Ngayon, mula sa tanghaling tapat dumilim ang buong paligid
hanggang sa alas tres ng hapon. **46** At dakong alas tres ng
hapon, sumigaw si Cristo na may malakas na tinig at sinabi,
"Eli, Eli, lama sabachthani?" na ang kahulugan ay, "Diyos ko,
Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" **47** Nang ang ilan sa
mga nakatayo doon ay nakarinig nito, sinabi nila, "Tinatawag
niya si Elias." **48** Agad-agad ang isa sa kanila ay tumakbo at
kumuha ng spongha, pinuno ito ng maasim na alak, inilagay
sa dulo ng tungkod at ibinigay ito sa kaniya upang inumin.
**49** At ang iba sa kanila ay nagsabi, "Hayaan ninyo siya.
Tingnan natin kung darating si Elias upang iligtas siya." **50**
Pagkatapos nito muling sumigaw si Jesus na may malakas
na tinig at isinuko ang kaniyang espiritu. **51** Masdan ito, ang
kurtina sa templo ay nahati sa dalawa mula itaas hanggang
sa baba. At ang mundo ay nayanig, at ang mga bato ay
nahati. **52** At ang mga libingan ay nabuksan, at ang katawan
ng mga banal na tao na nakatulog ay bumangon. **53** At
lumabas sila mula sa mga libingan pagkatapos ng kaniyang
pagkabuhay, pumasok sa banal na lungsod, at nagpakita sa
marami. **54** Ngayon nang masaksihan ng kapitan ng kawal
at ng mga nagbabantay kay Jesus ang lindol at ang mga
bagay na nangyari, lubha silang natakot at nagsabi, "Tunay
na Anak siya ng Diyos." **55** At maraming mga kababaihan na
sumunod kay Jesus mula sa Galilea upang mag-aruga sa
kaniya ay naroon at nakatinggin sa di kalayuan. **56** Kabilang
sa kanila ay si Maria Magdalena, si Maria na ina ni Santiago
at Jose, at ang ina ng mga anak na lalaki ni Zebedeo. **57**
Nang sumapit ang gabi, may dumating na mayamang tao na
taga-Arimatea na nagngangalang Jose, na isa ding alagad
ni Jesus. **58** Kinausap niya si Pilato at hiningi ang katawan
ni Jesus. Pagkatapos nito nag-utos si Pilato na ibigay ito sa
kaniya. **59** Kinuha ni Jose ang katawan, binalot ito ng malinis
na lino, **60** at hinimlay niya ito sa kaniyang bagong libingan
na kaniyang inuka sa bato. Pagkatapos, pinagulong ang
malaking bato at ipinangtakip sa pinto ng libingan at umalis.
**61** Si Maria Magdalena at ang isa pang Maria ay naroon,
nakaupo sa tapat ng libingan. **62** Sa sumunod na araw, na
ang araw matapos ang Paghahanda, ang mga punong pari
at ang mga Pariseo ay nagkatipun-tipon kasama ni Pilato.
**63** At sinabi nila, "Ginoo, naalala namin noong nabubuhay pa
ang mapanlinlang, sinabi niya, 'Pagkatapos ng tatlong araw
ako ay muling mabubuhay.' **64** Kaya iutos mo na ang libingan
ay mabantayang mabuti hanggang sa ikatlong araw. Kung
hindi maaring pumunta ang kaniyang mga alagad at nakawin
siya at sasabihin sa mga tao, 'Nabuhay siya mula sa mga
patay.' At ang huling panlilinlang ay malala pa sa nauna." **65**
Sinabi ni Pilato sa kanila, "Magdala kayo ng tagapagbantay.
Pumunta kayo at tiyakin ninyong ligtas hanggang sa kaya
ninyo." **66** Kaya pumunta sila at siniguradong ligtas ang
libingan, sinelyohan ang bato at naglagay ng tagapagbantay.

**28** Nang matapos na ang araw ng Pamamahinga at
magsimulang magbukang liwayway sa unang araw
ng linggo, si Maria Magdalena at ang isa pang Maria ay
pumunta upang tingnan ang libingan. **2** Masdan ito, may
malakas na lindol, dahil bumaba mula langit ang anghel
ng Panginoon, dumating at ginulong ang bato at naupo
sa ibabaw nito. **3** Ang kaniyang anyo ay katulad ng kidlat
at ang kaniyang kasuotan ay kasing puti ng niyebe. **4** At
nayanig ng takot ang mga tagapagbantay at naging tulad ng
patay na mga tao. **5** Kinausap ng anghel ang mga babae
at sinabi sa kanila, "Huwag kayong matakot, dahil alam
kong hinanap ninyo si Jesus na ipinako sa krus. **6** Wala na
siya dito, ngunit bumangon na katulad ng kaniyang sinabi.
Halikayo tingnan ang lugar na hinimlayan ng Panginoon. **7**
Pumunta kayo kaagad at sabihin sa kaniyang mga alagad,
'Siya ay bumangon na mula sa mga patay. Makinig kayo,
siya ay mauuna sa inyo sa Galilea. At doon makikita ninyo
siya.' Makinig kayo, nasabi ko na sa inyo." **8** At kaagad na
umalis ang mga babae sa libingan na may takot at malaking
tuwa at nagsitakbo upang sabihin sa mga alagad. **9** Masdan
ito, sinalubong sila ni Jesus at sinabi, "Binabati ko kayo."
At lumapit ang mga babae, hinawakan ang kaniyang mga
paa at sinamba siya. **10** Pagkatapos nito sinabi ni Jesus sa
kanila, "Huwag kayong matakot. Pumunta kayo at sabihin sa
aking mga kapatid na pumunta sa Galilea. Doon makikita
nila ako." **11** Ngayon habang ang mga babae ay papunta,
masdan ito, ang ilan sa mga tagapagbantay ay pumunta
sa lungsod at sinabi sa mga punong pari ang lahat ng
nangyari. **12** Nang nagtipun-tipon ang mga pari kasama ng
mga nakatatanda at pinag-usapan nila ang pangyayaring
iyon, nagbigay sila ng malaking halaga ng pera sa mga kawal
**13** at sinabi sa kanila, "Sabihin ninyo sa iba, 'Pumunta ang
mga alagad ni Jesus noong gabi at ninakaw ang kaniyang
katawan habang kami ay natutulog.' **14** Kung makarating
sa gobernador ang balitang ito, hihikayatin namin sila at
alisin sa inyo ang anumang pagkabahala." **15** Kaya kinuha
ng mga kawal ang pera at ginawa kung ano ang iniutos sa
kanila. Ang balitang ito ay kumalat agad sa mga Judio at
nagpatuloy magpahanggang ngayon. **16** Ngunit ang labing-
isa na mga alagad ay pumunta sa Galilea, sa bundok na
kung saan itinuro ni Jesus sa kanila. **17** Nang siya ay nakita
nila, sinamba nila siya, ngunit ang iba ay nag-alinlangan. **18**

Pumunta si Jesus sa kanila at nagsalita sa kanila at sinabi,
“Ibinigay sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa
lupa. **19** Humayo kayo at gawing mga alagad ang lahat ng
mga bansa. Bautismuhan sila sa ngalan ng Ama, ng Anak,
at ng Banal na Espiritu. **20** Turuan sila na sumunod sa lahat
ng mga iniutos ko sa inyo. At pakinggan ninyo, Ako ay laging
nasa inyo, maging sa katapusan ng mundo.” **(aiōn g165)**

# Marcos

1 Ito ang simula ng ebanghelyo tungkol kay Jesu-Cristo,
na Anak ng Diyos. 2 Katulad ng nasusulat sa aklat ni
Isaias na propeta, “Tingnan mo, ipapadala ko ang aking
taga-pamalita na mauuna sa iyo, ang maghahanda ng
iyong daan. 3 Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang,
'Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon. Ituwid ang kaniyang
daraanan.'” 4 Dumating si Juan na nagbabautismo sa ilang
at nangangaral tungkol sa bautismo ng pagsisisi alang-alang
sa kapatawaran ng mga kasalanan. 5 Ang buong bansa ng
Judea at lahat ng taga-Jerusalem ay pumunta sa kaniya.
Sila ay binautismuhan niya sa Ilog ng Jordan, na nagtatapat
ng kanilang mga kasalanan. 6 Nakasuot si Juan ng balabal
gawa sa balahibo ng kamelyo at sinturong balat sa palibot ng
kaniyang baywang, at kumakain siya ng mga balang at pulot-
pukyutan. 7 Nangaral siya at sinabi, “Mayroong darating na
kasunod ko na mas makapangyarihan kaysa sa akin, at
hindi ako karapat-dapat na yumuko para kalasin man lang
ang tali ng kaniyang sandalyas. 8 Binautismuhan ko kayo ng
tubig, ngunit babautismuhan niya kayo ng Banal na Espiritu.”
9 Nangyari sa mga araw na iyon na si Jesus ay dumating
mula sa Nazaret sa Galilea at siya ay binautismuhan ni
Juan sa ilog ng Jordan. 10 Nang si Jesus ay umahon sa
tubig, nakita niya na bumukas ang langit at ang Espiritu ay
bumaba sa kaniya na tulad ng kalapati. 11 At isang tinig ang
nagmula sa langit, “Ikaw ang minamahal kong Anak. Ako ay
labis na nalulugod sa iyo.” 12 At agad-agad, sapilitan siyang
pinapunta ng Espiritu sa ilang. 13 Nanatili siya sa ilang sa
loob ng apatnapung araw na tinutukso ni Satanas. Kasama
niya ang mababangis na hayop at pinaglingkuran siya ng
mga anghel. 14 Ngayon matapos madakip si Juan, dumating
si Jesus sa Galilea na nagpapahayag ng ebanghelyo ng
Diyos, 15 at sinasabi, “Ang panahon ay naganap na, at ang
kaharian ng Diyos ay malapit na. Magsisi kayo at maniwala
sa ebanghelyo.” 16 At habang dumadaan siya sa tabi ng
Dagat ng Galilea, nakita niya si Simon at Andres na kapatid
ni Simon na naghahagis ng lambat sa dagat, sapagkat
sila ay mga mangingisda. 17 Sinabi ni Jesus sa kanila,
“Halikayo, sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong
mga mangingisda ng mga tao.” 18 At kaagad na iniwan nila
ang mga lambat at sumunod sa kaniya. 19 Habang si Jesus
ay naglalakad papalayo, nakita niya si Santiago na anak
ni Zebedeo at Juan na kapatid nito, sila ay nasa bangka
na nagkukumpuni ng mga lambat. 20 Agad silang tinawag
ni Jesus at iniwan nila ang kanilang amang si Zebedeo sa
bangka kasama ang mga binayarang katulong at sumunod
sila sa kaniya. 21 At nakarating sila sa Capernaum at
sa Araw ng Pamamahinga, agad na pumunta si Jesus
sa sinagoga at nagturo. 22 Namangha sila sa kaniyang
pagtuturo sapagkat siya ay nagtuturo katulad ng isang
taong may kapangyarihan at hindi tulad ng mga eskriba. 23
Noon din ay may isang lalaki sa kanilang sinagoga na may
masamang espiritu, at sumigaw siya, 24 na nagsasabi, “Ano
ang kinalaman namin sa iyo, Jesus ng Nazaret? Pumarito
ka ba upang puksain kami? Alam ko kung sino ka. Ikaw
ang Banal na mula sa Diyos!” 25 Sinaway ni Jesus ang
demonyo at sinabi, “Tumahimik ka at lumabas ka sa kaniya!”
26 At binagsak siya ng masamang espiritu, lumabas mula sa
kaniya habang sumisigaw ng malakas. 27 At ang lahat ng
tao ay namangha, kaya nagtanungan sila sa isa't isa, “Ano
ito? Bagong katuruan na may kapangyarihan? Nauutusan
niya kahit ang mga masasamang espiritu at sumusunod
naman ang mga ito sa kaniya!” 28 At agad na kumalat
sa lahat ng dako ang balita tungkol sa kaniya sa buong
rehiyon ng Galilea. 29 At kaagad, nang lumabas sila sa
sinagoga, pumunta sila sa tahanan ni Simon at Andres
kasama sina Santiago at Juan. 30 Ngayon ang babaing
biyenan ni Simon ay nakahigang nilalagnat, at agad nilang
sinabi kay Jesus ang tungkol sa kaniya. 31 Kaya lumapit
siya, hinawakan siya sa kamay at itinayo siya; nawala ang
kaniyang lagnat at nagsimula siyang paglingkuran sila. 32
Nang gabing iyon, pagkatapos lumubog ng araw, dinala nila
sa kaniya ang lahat ng may sakit at ang mga sinapian ng
mga demonyo. 33 Ang buong lungsod ay nagkatipon sa
may pinto. 34 Marami ang pinagaling niya na mayroong iba't
ibang sakit at nagpalayas siya ng mga demonyo, ngunit
hindi niya pinahintulutan ang mga demonyong magsalita
dahil kilala siya ng mga ito. 35 Bumangon siya ng napaka-
aga, habang madilim pa; umalis siya at pumunta sa isang
lugar kung saan siya maaaring mapag-isa at nanalangin
siya doon. 36 Hinanap siya ni Simon at ng mga kasama
niyang naroon. 37 Natagpuan nila siya at sinabi sa kaniya,
“Naghahanap ang lahat sa iyo.” 38 Sinabi niya, “Pumunta
tayo sa ibang lugar, sa mga nakapaligid na mga bayan
upang makapangaral din ako doon. Iyon ang dahilan kaya
ako naparito.” 39 Pumunta siya sa lahat ng dako ng Galilea,
nangangaral sa mga sinagoga at nagpapalayas ng mga
demonyo. 40 Isang ketongin ang lumapit sa kaniya. Siya ay
nagmamakaawa sa kaniya, lumuhod siya at sinabi sa kaniya,
“Kung iyong nanaisin, maaari mo akong gawing malinis.”
41 Sa habag niya, iniabot ni Jesus ang kaniyang kamay
at hinawakan siya, sinasabi sa kaniya, “Nais ko. Maging
malinis ka.” 42 Kaagad na nawala ang kaniyang ketong at
siya ay naging malinis. 43 Mahigpit siyang pinagbilinan ni
Jesus at agad siyang pinaalis. 44 Sinabi niya sa kaniya,
“Siguraduhin mong wala kang sasabihin sa kahit na sino,
ngunit humayo ka at ipakita mo ang iyong sarili sa pari at

maghandog kung ano ang iniutos ni Moises para sa iyong
pagkalinis, bilang patotoo sa kanila." **45** Ngunit siya ay
umalis at sinimulang sabihin sa lahat, at labis na ikinalat ang
nangyari, anupat si Jesus ay hindi na malayang makapasok
sa kahit anong bayan. Kaya siya ay nanatili sa mga ilang na
lugar at pumupunta ang mga tao sa kaniya mula sa lahat ng
dako.

**2** Nang makabalik si Jesus sa Capernaum makalipas ang
ilang araw, napabalita na nakauwi na siya sa kaniyang
tahanan. **2** At maraming tao ang nagtipun-tipon doon kaya
wala nang puwang, maging sa may pintuan at ipinangaral
ni Jesus ang salita sa kanila. **3** At may ilang lalaking
pumunta sa kaniyang may dalang paralisadong lalaki;
apat na tao ang bumuhat sa kaniya. **4** Nang hindi sila
makalapit kay Jesus dahil sa maraming tao, inalis nila ang
bubong sa taas kung saan siya naroon. At nang nakagawa
sila ng butas doon, ibinaba nila ang higaan kung saan
nakahiga ang lalaking paralisado. **5** Nang makita ni Jesus
ang kanilang pananampalataya, sinabi niya sa lalaking
paralisado, "Anak, pinatawad na ang iyong mga kasalanan."
**6** Ngunit nangatwiran sa kanilang mga puso ang ilan sa
mga eskriba na nakaupo doon, **7** "Paano nakapagsasalita
ang taong ito ng ganito? Lumapastangan siya! Sino ang
makapagpapatawad ng mga kasalanan kundi ang Diyos
lamang?" **8** At nalaman agad ni Jesus sa kaniyang espiritu
kung ano ang kanilang iniisip. Sinabi niya sa kanila, "Bakit
ninyo ito iniisip sa inyong mga puso? **9** Ano ang mas
madaling sabihin sa lalaking paralisado, "Napatawad na ang
iyong mga kasalanan' o ang sabihin 'Bumangon ka, kunin
ang iyong higaan at lumakad ka'? **10** Ngunit upang malaman
ninyo na ang Anak ng Tao ay may kapangyarihan dito sa
mundo na magpatawad ng mga kasalanan," sinabi niya sa
paralitiko, **11** "Sinasabi ko sa iyo, bumangon ka, kunin ang
iyong higaan, at pumunta ka sa iyong bahay." **12** Bumangon
siya at kaagad kinuha ang kaniyang higaan at lumabas siya
sa bahay na iyon sa harap ng lahat, kaya't silang lahat
ay namangha at niluwalhati ang Diyos, at kanilang sinabi,
"Kailanman ay hindi pa kami nakakita ng katulad nito." **13** Muli
siyang bumalik sa tabi ng lawa at pumunta sa kaniya ang
napakaraming tao, at tinuruan sila ni Jesus. **14** Sa kaniyang
pagdaan, nakita niya si Levi na anak ni Alfeo na nakaupo sa
paningilan ng buwis at sinabi sa kaniya, "Sumunod ka sa
akin." Tumayo si Levi at sumunod siya sa kaniya. **15** At nang
kumakain si Jesus sa bahay ni Levi, maraming maniningil ng
buwis at mga makasalanang tao ang nakikisalo kay Jesus at
sa kaniyang mga alagad, sapagkat marami sila na sumunod
sa kaniya. **16** Nang makita ng mga eskriba na mga Pariseo
si Jesus na kumakain kasama ang mga makasalanang tao
at tagasingil ng buwis, sinabi nila sa kaniyang mga alagad,
"Bakit siya nakikisalo sa mga tagasingil ng buwis at mga
makasalanang tao?" **17** Nang marinig ito ni Jesus, sinabi
niya sa kanila, "Ang mga taong malakas ang pangangatawan
ay hindi nangangailangan ng manggagamot, ang mga may
sakit lamang ang nangangailangan. Hindi ako pumarito
upang tawagin ang mga matuwid na tao kundi ang mga
taong makasalanan." **18** Ang mga alagad ni Juan at ang
mga Pariseo ay nag-aayuno. Lumapit ang ilang tao at sinabi
sa kaniya, "Bakit nag-aayuno ang mga alagad ni Juan at
mga alagad ng mga Pariseo ngunit ang iyong mga alagad
ay hindi nag-aayuno?" **19** Sinabi ni Jesus sa kanila, "Maaari
bang mag-ayuno ang mga tagapaglingkod sa kasal kung
kasama pa nila ang lalaking ikakasal? Hanggang kasama pa
nila ang lalaking ikakasal ay hindi pa sila maaaring mag-
ayuno. **20** Ngunit darating din ang araw na ang lalaking
ikakasal ay mailalayo sa kanila at sa mga araw na iyon,
mag-aayuno sila. **21** Walang taong magtatahi ng bagong
tela sa lumang damit dahil kung ganoon ang itinagpi nito
ay mapupunit at magkakaroon ng mas malalang punit.
**22** Walang taong maglalagay ng bagong alak sa lumang
sisidlang-balat dahil kung ganoon ay masisira ng alak ang
sisidlang-balat at kapwa masasayang ang alak at ang
sisidlang balat. Sa halip ay maglagay ng bagong alak sa
bagong sisidlang-balat." **23** Sa Araw ng Pamamahinga,
pumunta si Jesus at ang kaniyang mga alagad sa triguhan
at nagsimulang mamitas ang kaniyang mga alagad ng mga
uhay. **24** At sinabi ng mga Pariseo sa kaniya, "Tingnan mo,
bakit sila gumagawa ng bagay na ipinagbabawal sa Araw
ng Pamamahinga?" **25** Sinabi ni Jesus sa kanila, "Hindi
pa ba ninyo nababasa ang ginawa ni David noong siya
ay nangailangan at nagutom—siya at ang mga lalaking
kasama niya? **26** Kung paano siya pumasok sa tahanan ng
Diyos noong si Abiatar ang pinakapunong pari at kinain ang
tinapay—na handog na hindi naaayon sa batas na kainin ng
kahit na sino maliban sa mga pari—at binigyan pa niya ang
kaniyang mga kasama?" **27** Sinabi ni Jesus, "Ang Araw ng
Pamamahinga ay ginawa para sa sangkatauhan, at hindi
ang sangkatauhan para sa Araw ng Pamamahinga. **28** Kung
gayon, ang Anak ng Tao ay Panginoon maging sa Araw ng
Pamamahinga."

**3** At muli siyang naglakad papasok sa loob ng sinagoga
at doon may isang lalaki na tuyot ang kamay. **2** Ilan sa
mga tao ay nagmamatyag ng mabuti kung papagalingin siya
ni Jesus sa Araw ng Pamamahinga upang maparatangan
nila siya. **3** Sinabi ni Jesus sa lalaki na tuyot ang kamay,
"Tumindig ka at tumayo sa gitna ng lahat." **4** At sinabi niya
sa mga tao, "Naaayon ba sa batas ang gumawa ng mabuti
sa Araw ng Pamamahinga o ang manakit; ang sumagip
ng buhay o ang pumatay?" Ngunit tahimik ang mga tao. **5**

Tiningnan niya sila ng may galit, labis siyang nalulungkot
dahil sa katigasan ng kanilang mga puso, at sinabi niya
sa lalaki, “Iunat mo ang iyong kamay.” Iniunat niya ang
kaniyang kamay at pinagaling ito ni Jesus. **6** Lumabas ang
mga Pariseo at agad bumuo ng sabwatan kasama ng mga
taga-sunod ni Herodias laban sa kaniya upang ipapatay
siya. **7** Pagkatapos, pumunta si Jesus sa dagat kasama ng
kaniyang mga alagad at napakaraming tao ang sumunod sa
kanila mula sa Galilea, at Judea, **8** Jerusalem at mula sa
Idumea at ibayo ng Jordan at sa palibot ng Tiro at Sidon,
napakaraming tao ang pumunta sa kaniya nang marinig nila
ang lahat ng mga ginagawa niya. **9** Hiniling niya sa kaniyang
mga alagad na ipaghanda siya ng isang bangka upang
hindi siya maipit ng mga tao. **10** Dahil sa marami na siyang
napagaling, lahat ng may mga malulubhang karamdaman
ay gustong makalapit sa kaniya upang mahawakan siya.
**11** Sa tuwing makikita siya ng mga maruming espiritu,
nagpapatirapa sila at sumisigaw, “Ikaw ang Anak ng Diyos.”
**12** Mahigpit niyang iniutos sa mga ito na huwag nilang
ipapaalam kung sino siya. **13** Umakyat siya sa bundok at
tinawag niya ang mga gusto niya at pumunta sila sa kaniya.
**14** Itinalaga niya ang Labindalawa (na tinawag niyang mga
apostol) para sila ay makasama niya at maaari niya silang
isugo upang mangaral, **15** at upang magkaroon sila ng
kapangyarihang magpalayas ng mga demonyo. **16** Itinalaga
niya ang Labindalawang apostol: Si Simon na pinangalanan
niyang Pedro, **17** si Santiago na anak ni Zebedeo, si Juan na
kapatid ni Santiago, na mga pinangalanan niyang Boanerges
na ang ibig sabihin ay mga anak ng kulog, **18** at sila
Andres, Felipe, Bartolomeo, Mateo, Tomas, Santiago na
anak ni Alfeo, Tadeo, Simon na makabayan, **19** at si Judas
Iskaryote, na magkakanulo sa kaniya. **20** Pagkatapos ay
umuwi na siya at muling nagtipon-tipon ang maraming tao,
kung kaya hindi man lang sila makakain ng tinapay. **21**
Nang marinig ng kaniyang pamilya ang balitang ito, agad
silang lumabas upang pilit siyang kunin, dahil sinasabi
nilang, “Nahihibang na siya.” **22** Sinabi ng mga eskribang
nanggaling sa Jerusalem, “Sinaniban siya ni Beelzebul,” at,
“Sa pamamagitan ng pinuno ng mga demonyo, pinapaalis
niya ang mga demonyo.” **23** Tinawag sila ni Jesus at
nagsalita sa kanila sa pamamagitan ng talinghaga, “Paano
maitataboy ni Satanas si Satanas?” **24** Kung nahahati ang
isang kaharian laban sa kaniyang sarili, ang kahariang ito
ay hindi maaaring manatili. **25** Kung ang isang tahanan ay
nahahati laban sa kaniyang sarili, ang tahanang ito ay hindi
maaaring manatili. **26** Kung naghimagsik si Satanas laban
sa kaniyang sarili at magkabahabahagi, hindi siya maaaring
manatili, subalit siya ay magwawakas. **27** Ngunit walang
sinuman ang makapapasok sa bahay ng isang malakas na
tao at magnakaw ng kaniyang mga kagamitan nang hindi
niya ito gagapusin muna, saka pa lang niya mananakawan
ang bahay nito. **28** Totoo itong sinasabi ko sa inyo, ang lahat
ng mga kasalanan ng mga anak ng tao ay mapapatawad,
maging ang lahat ng mga kalapastanganang sinasabi nila,
**29** ngunit ang sinumang lumalapastangan laban sa Banal na
Espiritu ay hindi kailanman magkakaroon ng kapatawaran,
ngunit mayroong walang hanggang kasalanan.” **(aiōn g165,
aiōnios g166)** **30** Sinabi ito ni Jesus dahil sinasabi nilang,
“Mayroon siyang maruming espiritu.” **31** Pagkatapos ay
dumating ang kaniyang ina at mga kapatid na lalaki at
tumayo sila sa labas. Pinasundo nila siya at pinatawag. **32**
Umupo ang napakaraming tao sa palibot niya at sinabi sa
kaniya, “Nasa labas ang iyong ina at mga kapatid, hinahanap
ka nila.” **33** Sinagot niya sila, “Sino ang ina at mga kapatid
ko?” **34** Tiningnan niya ang mga taong nakaupo sa palibot
niya at sinabi, “Tingnan ninyo, ito ang aking ina at mga
kapatid! **35** Dahil kung sino man ang tumutupad sa kalooban
ng Diyos, ang taong iyon ay ang aking kapatid na lalaki,
kapatid na babae, at ina.”

**4** Muli siyang nagsimulang mangaral sa tabi ng dagat. At
nagtipun-tipon ang napakaraming tao sa paligid niya,
kaya sumakay siya sa bangka na nasa dagat at naupo.
Ang mga tao ay nasa tabi ng dagat sa dalampasigan. **2**
At tinuruan niya sila ng maraming bagay sa pamamagitan
ng mga talinghaga, at sinabi niya sa kanila sa kaniyang
pagtuturo, **3** “Makinig kayo, lumabas ang manghahasik
upang maghasik. **4** Habang siya ay naghahasik, mayroong
mga binhing napunta sa daan at dumating ang mga ibon at
inubos ang mga ito. **5** Ang ibang mga binhi ay napunta sa
mabatong lupa na kung saan ang lupa ay kakaunti lamang.
Agad silang tumubo dahil hindi malalim ang lupa nito. **6**
Ngunit nang sumikat ang araw, nalanta ang mga ito at dahil
wala silang ugat natuyo ang mga ito. **7** Ang ibang mga binhi
ay napunta sa tinikan. Lumaki ang mga halamang may tinik
at sinakal ang mga ito, at hindi ito nakapamunga ng kahit
isang butil. **8** Napunta sa matabang lupa ang ibang binhi at
nagkabutil habang lumalago at dumarami, at may nagkabutil
ng tigtatatlumpu, tig-aanimnapu, at tig-iisangdaan”. **9** At
sinabi niya, “Sinuman ang may taingang pandinig, makinig!”
**10** Nang nag-iisa na si Jesus, nagtanong ang mga malalapit
sa kaniya kasama ang Labindalawa tungkol sa talinghaga.
**11** Sinabi niya sa kanila, “Ipinagkaloob sa inyo ang hiwaga ng
kaharian ng Diyos. Ngunit sa ibang nasa labas ang lahat ay
mga talinghaga, **12** nang sa gayon, kapag sila ay tumingin,
oo titingin sila, ngunit hindi sila makakakita, at kapag sila ay
nakinig, oo makaririnig sila, ngunit hindi sila makauunawa, o
kundi sila ay manumbalik at patatawarin sila ng Diyos.” **13**
At sinabi niya sa kanila, “Hindi ba ninyo naiintindihan ang

talinghagang ito? Paano pa kaya ninyo maiintindihan ang
iba pang mga talinghaga? **14** Ang manghahasik ay naghasik
ng salita. **15** Ang ilan sa mga ito ay ang nahulog sa tabi ng
daan, kung saan ang salita ay naihasik. At nang marinig nila
ito, agad na dumating si Satanas upang alisin ang salitang
naitanim sa kanila. **16** At ang iba ay ang mga naitanim sa
mabatong lupa, nang makarinig sila ng salita, agad nila
itong tinatanggap nang may kagalakan. **17** At hindi sila
nakapag-ugat kaya sila nakatiis lang ng maikling panahon.
At dumating ang mga pagdurusa o pag-uusig dahil sa salita
at agad silang nadapa. **18** At ang iba naman ay naihasik sa
tinikan. Narinig nila ang salita at tinanggap ito, **19** ngunit ang
mga alalahanin sa mundo, ang pandaraya ng kayamanan
at ang pagnanasa sa iba pang mga bagay ay pumasok
at nasakal ang salita, at ito ay hindi nakapamunga. **(aiōn
g165)** **20** At mayroon namang naihasik sa matabang lupa.
Narinig nila ang salita at tinanggap ito at nakapamunga: may
tatlumpu, may animnapu, at may isangdaan." **21** Sinabi ni
Jesus sa kanila, "Magdadala ba kayo ng lampara sa loob ng
bahay upang ilagay ito sa loob ng basket o sa ilalaim ng
higaan? Dadalhin ninyo ito sa loob at ilalagay sa lagayan ng
lampara. **22** Sapagkat walang itinatago na hindi maihahayag
at walang lihim na hindi maibubunyag. **23** Sinuman ang
may taingang pandinig, makinig. **24** Sinabi niya sa kanila,
"Pakinggan ninyong mabuti ang inyong naririnig, ang panukat
na inyong ginagamit ay siya ring gagamiting panukat sa
inyo, at idadagdag ito sa inyo. **25** Dahil sinumang mayroon
ay pagkakalooban ng higit pa, at sinumang wala, kukunin
maging ang anumang nasa kaniya." **26** At sinabi niya, "Ang
kaharian ng Diyos ay tulad ng isang taong naghasik ng
kaniyang binhi sa lupa. **27** Sa gabi siya ay natutulog at sa
umaga siya ay bumabangon, at ang binhi ay sumisibol at
tumutubo, ngunit hindi niya alam kung paano. **28** Ang lupa
sa sarili niya ay namumunga ng butil: una ang sibol, sunod
ang mga tangkay, sunod ang mga hinog na butil sa tangkay.
**29** At kapag nahinog na ang butil, agad niyang ipinadadala
ang panggapas sapagkat dumating na ang anihan." **30**
At sinabi niya, "Saan natin maihahambing ang kaharian
ng Diyos, o anong talinghaga ang magagamit natin upang
maipaliwanag ito? **31** Ito ay katulad ng buto ng mustasa na
kapag ito ay itinanim, ito ang pinakamaliit sa lahat ng mga
buto sa daigdig. **32** Gayunpaman, kapag ito ay naitanim,
tumutubo ito at nagiging pinakamalaki sa lahat ng mga tanim
sa bukirin at nagkakaroon ito ng malalaking sanga, kaya ang
mga ibon sa himpapawid ay nakakapamugad sa lilim nito.
**33** Ipinangaral niya ang salita sa kanila sa pamamagitan
ng maraming talinghagang katulad nito, hanggang sa kaya
nilang maunawaan, **34** at hindi siya nangaral sa kanila nang
hindi gumagamit ng talinghaga. Ngunit kapag siya ay nag-
iisa na lamang, ipinapaliwanag niya ang lahat sa kaniyang
sariling mga alagad. **35** Kinagabihan, nang araw ding iyon,
sinabi niya sa kanila, "Tumawid tayo sa kabilang dako."
**36** Kaya iniwan nila ang maraming tao na isinama nila si
Jesus dahil nakasakay na siya sa bangka. Mayroon ding
ibang mga bangkang sumama sa kaniya. **37** Nagkaroon ng
matinding unos at hinampas ng mga alon ang bangka kaya
halos mapuno na ito ng tubig. **38** Ngunit si Jesus naman ay
nasa dulo ng bangka at natutulog sa unan. Ginising nila si
Jesus at sinabi, "Guro, hindi ba kayo nababahala na malapit
na tayong mamatay? **39** At gumising siya at sinaway ang
hangin at sinabi sa dagat, "Pumayapa ka, tigil." Tumigil ang
hangin, at nagkaroon ng labis na kapayapaan. **40** At sinabi
niya sa kanila, "Bakit kayo natatakot? Wala pa rin ba kayong
pananampalataya?" **41** Lubha silang natakot at sinabi nila sa
isa't isa, "Sino ba talaga siya, dahil maging ang hangin at
ang dagat ay sumusunod sa kaniya?"

**5** Dumating sila sa kabilang dako ng dagat, sa rehiyon ng
Geraseno. **2** At nang bumababa si Jesus sa bangka, agad
may isang lalaking may maruming espiritu ang pumunta sa
kaniya mula sa mga libingan. **3** Ang lalaki ay nakatira sa
mga libingan. Wala nang makapagpigil sa kaniya, kahit pa
kadena. **4** Ilang ulit na siyang ginapos gamit ang mga tanikala
at kadena. Sinisira niya ang mga kadena at winawasak
niya ang kaniyang mga tanikala. Walang sinuman ang may
lakas na supilin siya. **5** Bawat gabi at araw sa mga libingan
at sa mga bundok, sumisigaw siya at sinusugatan niya
ang kaniyang sarili ng mga matatalas na bato. **6** Nang
nakita niya si Jesus sa malayo, tumakbo siya sa kaniya at
yumuko sa kaniyang harapan. **7** Sumigaw siya nang may
malakas na boses, "Ano ang kinalaman ko sa iyo, Jesus,
Anak ng Kataas-taasang Diyos? Nakikiusap ako sa iyo sa
Diyos mismo, huwag mo akong pahirapan." **8** Sapagkat
sinasabi niya sa kaniya, "Lumabas ka sa lalaking ito, ikaw na
maruming espiritu." **9** At tinanong niya ito, "Ano ang pangalan
mo?" At sumagot siya, "Ang pangalan ko ay Pulutong,
sapagkat marami kami." **10** Paulit-ulit siyang nakiusap sa
kaniya na huwag silang papuntahin sa labas ng rehiyon.
**11** Ngayon may malaking kawan ng baboy ang naroon na
kumakain sa burol, **12** at nagmakaawa sila sa kaniya, na
sinasabi, "Papuntahin mo kami sa mga baboy, hayaan mo
kaming pumasok sa kanila." **13** Kaya pinayagan niya ang
mga ito, lumabas ang mga masamang espiritu at pumasok
sa mga baboy, at nagtakbuhan sila patungo sa matarik na
burol papunta sa dagat, halos dalawang libong baboy ang
nalunod sa dagat. **14** At tumakbo ang mga nagpapakain
sa mga baboy at ipinamalita sa lungsod at sa mga karatig-
pook kung ano ang nangyari. At maraming tao ang pumunta
upang makita kung ano ang nangyari. **15** Pagkatapos ay

pumunta sila kay Jesus at nakita nila ang lalaking sinapian
ng demonyo— na may Pulutong—na nakaupo, nakabihis,
at nasa kaniyang tamang kaisipan, at sila ay natakot. 16
Sinabi sa kanila ng mga nakakita ng nangyari sa lalaking
sinapian ng demonyo kung ano ang nangyari sa kaniya at
gayon din ang tungkol sa mga baboy. 17 At nagsimula silang
nagmakaawa sa kaniya na umalis sa kanilang rehiyon. 18 At
nang sumasakay na siya sa bangka, nakiusap sa kaniya
ang lalaking sinaniban ng demonyo kung maaari siyang
sumama sa kaniya. 19 Ngunit hindi siya pumayag dito,
subalit sinabi niya sa kaniya, “Umuwi ka sa iyong bahay
at sa mga kasama mo, at sabihin mo sa kanila kung ano
ang ginawa ng Panginoon para sa iyo at kung paano ka
niya kinahabagan.” 20 Kaya siya ay umalis at nagsimulang
ihayag ang mga dakilang bagay na ginawa ni Jesus para sa
kaniya sa Decapolis at ang lahat ay namangha. 21 At nang
si Jesus ay muling tumawid sa kabilang dako, maraming
mga tao ang pumalibot sa kaniya sa bangka, sapagkat siya
ay nasa tabing dagat. 22 At isa sa mga pinuno ng sinagoga
na nagngangalang Jairo ang dumating, at nang makita
niya si Jesus, nagpatirapa siya sa kaniyang paanan. 23
Nagmakaawa siya nang paulit-ulit na nagsasabi, “Ang aking
anak na babae ay malapit nang mamatay. Nakikiusap ako
sa iyo, halika ka at ipatong ang iyong mga kamay sa kaniya
upang siya ay gumaling at mabuhay.” 24 Kaya sumama siya
sa kaniya at sumunod sa kaniya ang napakaraming tao at
sila ay nag-uumpukan sa palibot niya. 25 Ngayon, mayroong
isang babae na walang tigil na dinudugo sa loob ng labing
dalawang taon. 26 Dumanas siya ng maraming hirap sa
ilalim ng mga manggagamot at naubos na niya ang lahat ng
mayroon siya. Ngunit walang nakatulong sa kaniya, sa halip
ay lalo pang lumala. 27 Narinig niya ang mga balita tungkol
kay Jesus. Kaya pumunta siya sa kaniyang likuran habang
siya ay naglalakad sa gitna ng maraming tao, at hinawakan
niya ang kaniyang balabal. 28 Sapagkat iniisip niya, “Kung
mahawakan ko man lang kahit ang kaniyang damit, ako
ay gagaling.” 29 Nang mahawakan niya siya, tumigil ang
pagdurugo, at naramdaman niya sa kaniyang katawan na
siya ay gumaling na sa kaniyang paghihirap. 30 At agad
napansin ni Jesus na may lumabas na kapangyarihan mula
sa kaniya. At lumingon siya sa mga tao at nagtanong, “Sino
ang humawak sa aking damit?” 31 Sinabi sa kaniya ng
mga alagad, “Nakita mo ang napakaraming taong nag-
uumpukan sa paligid mo, at sasabihin mong 'Sino ang
humawak sa akin?” 32 Ngunit si Jesus ay tumingin sa paligid
upang malaman kung sino ang may gawa nito. 33 Nang
nalaman ng babae ang nangyari sa kaniya, natakot siya at
nanginig. Lumapit siya at nagpatirapa sa kaniyang harapan
at sinabi ang buong katotohanan. 34 Sinabi niya sa kaniya,
“Anak, ang iyong pananampalataya ang nagpagaling sa
iyo. Umuwi ka nang may kapayapaan at gumaling ka sa
iyong karamdaman.” 35 Habang siya ay nagsasalita, ilang
tao mula sa pinuno ng sinagoga ang dumating at nagsabi,
“Patay na ang iyong anak. Bakit mo pa aabalahin ang
Guro?” 36 Ngunit nang marinig ni Jesus ang kanilang sinabi,
sinabi niya sa pinuno ng sinagoga, “Huwag kang matakot,
maniwala ka lang.” 37 Hindi niya pinayagan ang kahit sino
na sumama sa kaniya maliban kay Pedro, Santiago, at
Juan na kapatid ni Santiago. 38 Nakarating sila sa bahay
ng pinuno nang sinagoga at nakita niya ang kaguluhan,
napakaraming iyakan at pagtangis. 39 Nang pumasok siya
sa bahay, sinabi niya sa kanila, “Bakit kayo nababalisa at
bakit kayo umiiyak? Ang bata ay hindi patay kundi natutulog.”
40 Siya ay pinagtawanan nila, ngunit pinalabas niya silang
lahat, isinama niya ang ama at ina ng bata at maging ang
mga kasama niya, at pumunta sila kung saan naroroon
ang bata. 41 Kinuha niya ang kamay ng bata at sinabi sa
kaniya, “Talitha koum,” na ang ibig sabihin ay “Batang babae,
sinasabi ko sa iyo, bumangon ka.” 42 Agad na tumayo ang
bata at naglakad (sapagkat siya ay labindalawang taon).
At kaagad labis silang namangha. 43 Mahigpit niya silang
pinagbilinan na walang dapat makaalam ng tungkol dito. At
inutusan niya sila na bigyan ang bata ng makakain.

6 Umalis siya doon at pumunta siya sa kaniyang sariling
bayan at sumunod ang kaniyang mga alagad. 2 Nang
dumating ang Araw ng Pamamahinga, nagturo siya sa
sinagoga. Maraming tao ang nakarinig sa kaniya at namangha
sila. Sinabi nila, “Saan niya nakuha ang mga katuruang
ito?” “Ano itong karunungan na naibigay sa kaniya?” “Ano
itong mga himala na nagagawa niya sa pamamagitan ng
kaniyang mga kamay?”. 3 “Hindi ba ito ang karpintero,
ang anak ni Maria, at kapatid ni Santiago, Jose, Judas
at Simon? Hindi ba't kasama natin ang kaniyang mga
kapatid na babae dito?” At sumama ang kanilang loob kay
Jesus. 4 At sinabi ni Jesus sa kanila, “Ang isang propeta ay
hindi nawawalan ng parangal, maliban sa kaniyang sariling
bayan at sa kaniyang mga kamag-anak at sa kaniyang
sariling sambahayan.” 5 Hindi siya makagawa ng kahit
na anong makapangyarihang gawain, maliban lamang sa
pagpatong ng kaniyang mga kamay sa ilang may sakit at
pagalingin sila. 6 Ikinamangha niya ang kanilang kawalan
ng pananampalataya. At naglibot siyang nagtuturo sa mga
nayon. 7 Tinawag niya ang Labindalawa at sinimulan silang
isugo ng dalawahan at binigyan niya sila ng kapangyarihan
laban sa maruruming espiritu, 8 at ipinagbilin niya sa kanila
na huwag magdala ng kahit ano sa kanilang paglalakbay
maliban lamang sa tungkod, walang tinapay, walang sisidlan
at wala ring pera nailalagay sa kanilang sinturon, 9 kundi

magsuot ng sandalyas at huwag magsuot ng dalawang
tunika. 10 At sinabi ni Jesus sa kanila, “Sa tuwing papasok
kayo sa isang bahay, manatili kayo doon hanggang makaalis
kayo sa lugar na iyon. 11 At kung mayroong bayan na hindi
tatanggap o makikinig sa inyo, umalis kayo sa lugar na
iyon, pagpagin ninyo ang alikabok mula sa inyong mga paa
bilang patotoo sa kanila. 12 Humayo sila at inihayag na
dapat talikuran ng mga tao ang kanilang mga kasalanan.
13 Pinalayas nila ang maraming demonyo at pinahiran nila
ng langis ang mga taong may sakit at pinagaling sila. 14
Nabalitaan ito ni Haring Herodes sapagkat kilalang-kilala
na ang pangalan ni Jesus. Sinasabi ng iba, “Si Juan na
Tagapagbautismo ay binuhay mula sa mga patay at dahil
dito, ang mga kamangha-manghang kapangyarihang ito ang
kumikilos sa kaniya.” 15 Sinasabi ng iba, “Siya si Elias.”
Sinabi pa ng iba, “Siya ay isang propeta, tulad ng isa sa
mga propeta noong sinaunang panahon.” 16 Ngunit nang
marinig ito ni Herodes, sinabi niya, “Si Juan na pinugutan
ko ng ulo ay binuhay.” 17 Sapagkat mismong si Herodes
ang nagpadakip kay Juan at ipinagapos siya sa bilangguan
dahil kay Herodias, (asawa ng kapatid niyang si Felipe)
dahil naging asawa niya ito. 18 Sapagkat sinabi ni Juan kay
Herodes, “Hindi naaayon sa batas na mapasaiyo ang asawa
ng iyong kapatid.” 19 Ngunit nagkimkim ng galit si Herodias
laban sa kaniya at gusto niya itong patayin, ngunit hindi niya
magawa, 20 sapagkat natatakot si Herodes kay Juan, alam
niyang matuwid at banal na tao si Juan, at pinanatili niya
itong ligtas. At sa pakikinig nito sa kaniya ay labis siyang
nabagabag, subalit siya ay nakinig sa kaniya na may galak.
21 At dumating ang araw ng pagkakataon nang ipagdiwang
ni Herodes ang kaniyang kaarawan at naghanda siya ng
hapunan para sa kaniyang mga opisyal, mga pinuno ng mga
kawal at mga pinuno ng Galilea. 22 Dumating ang mismong
anak na babae ni Herodias at sumayaw para sa kanila at
naaliw niya si Herodes at kaniyang mga panauhin. At sinabi
ng hari sa babae, “Humingi ka ng kahit na anong gusto mo
at ibibigay ko ito sa iyo.” 23 Sumumpa siya sa kaniya at
sinabi, “Kahit na anong hingin mo sa akin, ibibigay ko sa iyo,
hanggang sa kalahati ng aking kaharian.” 24 Lumabas siya
at sinabi sa kaniyang ina, “Ano ang dapat kong hingin sa
kaniya?” Sinabi niya, “Ang ulo ni Juan na Tagapagbautismo.”
25 At kaagad siyang pumasok nang nagmamadali papunta sa
hari at humingi, sinabi, “Gusto kong ibigay mo sa akin ngayon
din ang ulo ni Juan na Tagapagbautismo na nakalagay sa
bandehado.” 26 Lubhang nalungkot ang hari, ngunit dahil sa
pangako at sa mga panauhin, hindi niya matanggihan ang
kaniyang hinihingi. 27 Kaya pinapunta ng hari ang isang
kawal mula sa kaniyang mga bantay at inutusan niyang
dalhin sa kaniya ang ulo ni Juan. Pumunta ang kawal at
pinugutan siya sa bilangguan. 28 Dinala niya ang ulo na
nasa bandehado at ibinigay ito sa dalaga at ibinigay ito ng
dalaga sa kaniyang ina. 29 At nang marinig ito ng kaniyang
mga alagad, pumunta sila at kinuha ang kaniyang katawan
at inilagay sa isang libingan. 30 Nagtipun-tipon ang mga
apostol sa palibot ni Jesus at sinabi sa kaniya ang lahat
ng kanilang nagawa at naituro. 31 At sinabi ni Jesus sa
kanila, “Halikayo punta tayo sa ilang na lugar at sandaling
magpahinga.” Sapagkat maraming dumarating at umaalis,
at wala man lamang silang oras para kumain. 32 Kaya
sumakay sila sa bangka papunta sa ilang na lugar. 33 Ngunit
nakita silang umaalis at maraming nakakilala sa kanila, at
nagsitakbo ang mga tao mula sa mga bayan at naunahan
nila sina Jesus na dumating doon. 34 Nang makarating na
sila sa dalampasigan, nakita niya ang napakaraming tao at
nahabag siya sa kanila dahil para silang mga tupa na walang
pastol. At sinimulan niyang magturo sa kanila ng maraming
bagay. 35 Nang dapit-hapon na, nagpunta sa kaniya ang
kaniyang mga alagad at sinabi, “Ilang ang lugar na ito at
gumagabi na. 36 Paalisin mo nalang sila upang makapunta
sila sa karatig-pook at sa mga nayon upang bumili ng
makakain para sa kanilang sarili.” 37 Ngunit sumagot siya at
sinabi sa kanila, “Bigyan ninyo sila ng anumang makakain.”
Sinabi nila sa kaniya, “Maaari ba kaming pumunta at bumili
ng tinapay na nagkakahalaga ng dalawang daang denario at
ibigay sa kanila upang kainin?” 38 Sinabi niya sa kanila,
“Ilang pirasong tinapay ang mayroon kayo? Pumunta kayo
at tingnan ninyo.” Nang napag-alaman nila, sinabi nila,
“Limang pirasong tinapay at dalawang isda.” 39 Inutusan
niya ang lahat ng tao na umupo ng pangkat-pangkat sa may
damuhan. 40 Umupo silang pangkat-pangkat, mga pangkat
ng tig-iisang daan at tig-lilimampu. 41 Nang kinuha niya ng
limang tinapay at dalawang isda, tumingala siya sa langit,
pinagpasalamatan at pinagpira-piraso niya ang mga tinapay
at ibinigay sa kaniyang mga alagad upang ibigay sa mga tao.
At pinaghinati-hati niya ang dalawang isda para sa kanilang
lahat. 42 Kumain silang lahat hanggang sila ay nabusog. 43
Tinipun nila ang pinagpira-pirasong tinapay, labindalawang
basket ang napuno, kasama na rin ang pinaghati-hating isda.
44 At may limanlibong mga kalalakihan ang kumain ng mga
tinapay. 45 Agad niyang pinasakay ang kaniyang mga alagad
sa bangka at pinauna sila sa kabilang dako, sa Betsaida,
habang pinaaalis niya ang mga tao. 46 Nang wala na sila,
umakyat siya sa bundok upang manalangin. 47 Sumapit ang
gabi, nasa kalagitnaan na ng dagat ang bangka, at siya ay
nag-iisa sa lupa. 48 At nakita niyang nahihirapan ang mga
alagad habang nagsasagwan dahil ang hangin ay salungat
sa kanila. Nang madaling-araw na pumunta siya sa kanila
na naglalakad sa dagat at gusto niyang lagpasan sila. 49

Ngunit nang makita nilang naglalakad siya sa dagat, naisip
nila na isa siyang multo at nagsigawan sila, **50** dahil nakita
at natakot sila sa kaniya. Agad niya silang kinausap at sinabi
sa kanila, “Lakasan ninyo ang inyong loob! Ako ito! Huwag
kayong matakot!” **51** Sumakay siya sa bangka at tumigil ang
pag-ihip ng hangin at lubos silang namangha sa kaniya. **52**
Sapagkat hindi nila naintindihan kung ano ang kahulugan
ng tinapay, ngunit mabagal umintindi ang kanilang mga
kaisipan. **53** Nang makatawid na sila, nakarating sila sa
lupain ng Genesaret at idinaong nila ang bangka. **54** Nang
makababa sila sa bangka, agad nilang nakilala siya. **55** At
nagtakbuhan sila sa buong rehiyon at nagsimulang dalhin sa
kaniya ang mga may sakit na nasa higaan, saan man nila
mabalitaan na siya ay pupunta. **56** Sa tuwing pumapasok
siya sa mga nayon, o sa mga lungsod, o sa mga bayan,
inilalagay nila ang mga may sakit sa mga pamilihan at
nagmamakaawa sila sa kaniya na payagan man lamang
silang hawakan ang laylayan ng kaniyang damit. At lahat ng
humawak sa kaniya ay gumaling.

**7** Nagtipon-tipon sa paligid niya ang mga Pariseo at ilang
mga eskriba na nanggaling sa Jerusalem. **2** At nakita
nila ang ilan sa mga alagad niya na kumain ng tinapay na
madungis ang kanilang mga kamay; na hindi nahugasan
**3** (Dahil ang mga Pariseo at lahat ng mga Judio ay hindi
kumakain hanggang hindi sila naghuhugas ng maigi ng
kanilang mga kamay; pinanghahawakan nila ang kaugalian
ng mga nakatatanda. **4** Tuwing nanggagaling sa pamilihan
ang mga Pariseo, hindi sila kumakain hanggang hindi sila
nakapaligo. At marami pang ibang mga patakaran ang
mahigpit nilang sinusunod, kasama na rito ang paghuhugas
ng mga tasa, palayok, mga sisidlang gawa sa tanso, pati
na ang mga upuan sa hapag-kainan.) **5** Tinanong ng mga
Pariseo at ng mga eskriba si Jesus, “Bakit hindi namumuhay
alinsunod sa kaugalian ng mga nakatatanda ang iyong
mga alagad, sapagkat kumakain sila ng tinapay ng hindi
naghuhugas ng kanilang mga kamay?” **6** Ngunit sinabi
niya sa kanila, “Malinaw na sinabi ng propetang Isaias ang
tungkol sa inyong mga mapagpaimbabaw, isinulat niya,
'Pinaparangalan ako ng mga taong ito sa pamamagitan ng
kanilang mga labi, ngunit malayo ang kanilang puso sa akin.
**7** Walang laman ang pagsasamba na inaalay nila sa akin,
itinuturo nila ang mga patakaran ng mga tao bilang kanilang
doktrina.' **8** Tinalikuran ninyo ang kautusan ng Diyos at
mahigpit ninyong pinanghahawakan ang kaugalian ng mga
tao.” **9** At sinabi niya sa kanila, “Madali ninyong tinanggihan
ang kautusan ng Diyos para masunod ang inyong kaugalian!
**10** Sapagkat sinabi ni Moises, 'Igalang ninyo ang inyong ama
at ina,' at 'Ang sinumang nagsasalita ng masama tungkol sa
kaniyang ama at ina ay tiyak na mamamatay.' **11** Ngunit
sinasabi ninyo, 'Kapag sinabi ng isang tao sa kaniyang ama
at ina, “Anumang tulong ang matatanggap ninyo mula sa
akin ay Corban,”' (ibig sabihin, 'Ibinigay sa Diyos') - **12** kung
gayon hindi na ninyo siya pinapayagang gumawa ng kahit
na ano para sa kaniyang ama at ina. **13** Pinapawalang-
bisa ninyo ang kautusan ng Diyos dahil sa mga ipinasa
ninyong mga kaugalian. At marami pang mga bagay na
katulad nito ang ginagawa ninyo.” **14** Tinawag niyang muli
ang maraming tao at sinabi sa kanila, “Makinig kayong lahat
sa akin, at unawain ninyo ito. **15** Walang kahit anumang
pumapasok sa tao ang makakapagpadungis sa kaniya. Ang
mga bagay na lumalabas sa tao ang nakapagpadungis
sa kaniya.” **16** (Kung sinuman ang taong may taingang
nakakarinig, hayaang marinig niya.) **17** Ngayon nang iniwan
ni Jesus ang maraming tao at pumasok sa bahay, tinanong
siya ng kaniyang mga alagad tungkol sa talinghaga. **18**
Sinabi ni Jesus, “Hindi pa rin ba ninyo naiintindihan? Hindi
ba ninyo alam na kahit anong pumasok sa isang tao mula sa
labas, ito ay hindi makapagpapadungis sa kaniya, **19** dahil
hindi ito maaaring mapunta sa kaniyang puso kung hindi
sa kaniyang sikmura at lalabas ito patungo sa palikuran.”
Dahil sa pahayag na ito, ginawang malinis ni Jesus ang
lahat ng mga pagkain. **20** Sinabi niya, “Ang lumalabas sa
tao ang siyang nakapagpapadungis sa kaniya. **21** Dahil
kung ano ang sinasaloob ng tao, na nanggaling sa kaniyang
puso, lalabas ang masasamang pag-iisip, sekswal na
imoralidad, pagnanakaw, pagpatay, **22** pangangalunya, pag-
iimbot, kasamaan, pandaraya, kahalayan, inggit, paninira,
kayabangan, kahangalan. **23** Ang lahat ng mga ito na
masasama ay nanggagaling sa loob, at ito ang mga
nakakapagpapadungis sa isang tao.” **24** Tumayo siya mula
doon at umalis papunta sa lupain ng Tiro at Sidon. Pumasok
siya sa isang bahay at hindi niya nais na malaman ng
kahit na sino na naroroon siya, ngunit hindi niya nagawang
makapagtago. **25** Subalit may isang babae na may anak na
babae na sinapian ng maruming espiritu, nang nakarinig
ng tungkol sa kaniya ay agad-agad lumapit at nagpatirapa
sa kaniyang paanan. **26** Ngayon ang babaing ito ay isang
Griego na taga-Sirofenisa, ayon sa lahi. Nagmakaawa siya
sa kaniya na palayasin ang demonyo sa kaniyang anak
na babae. **27** Sinabi niya sa kaniya, “Hayaang pakainin
muna ang mga bata. Sapagkat hindi tamang kunin ang
tinapay ng mga bata at itapon ito sa mga aso.” **28** Ngunit
sumagot ang babae at sinabi sa kaniya, “Opo, Panginoon,
kahit ang mga aso na nasa ilalim ng lamesa ay kumakain ng
mumo ng mga bata.” **29** Sinabi niya sa kaniya, “Dahil sa
sinabi mo ito, malaya ka nang makakaalis. Lumayas na ang
demonyo sa anak mong babae.” **30** Bumalik ang babae sa
kaniyang bahay at nakita ang bata na nakahiga sa higaan,

at wala na ang demonyo. **31** Pagkatapos ay muli siyang
umalis mula sa lupain ng Tiro, at dumaan sa Sidon patungo
sa Dagat ng Galilea, paakyat sa lupain ng Decapolis. **32**
At dinala sa kaniya ang isang taong bingi at nahihirapang
magsalita, at nagmakaawa sila sa kaniya na ipatong niya ang
kaniyang kamay sa lalaki. **33** Inihiwalay niya siya mula sa
maraming tao nang sarilinan at hinawakan niya ang kaniyang
mga tainga at pagkatapos dumura, hinawakan niya ang
kaniyang dila. **34** Tumingala siya sa langit, at nagbuntong-
hininga at sinabi sa kaniya, "Effata", na ang ibig sabihin ay,
"Bumukas ka!" **35** Agad bumukas ang kaniyang pandinig
at napuksa ang pumipigil sa kaniyang dila at malinaw na
siyang nakapagsasalita. **36** At ipinag-utos niya sa kanilang
huwag itong ipagsabi sa kahit na sino. Ngunit habang lalo
pa niya itong pinagbabawal, mas lalo nila itong inihahayag.
**37** Lubos silang namangha at sinasabi nilang, "Mahusay ang
lahat ng kaniyang ginawa. Nagagawa niyang makarinig ang
bingi at makapagsalita ang pipi."

**8** Sa mga araw na iyon, naroon muli ang maraming tao at
wala silang makain. Tinawag ni Jesus ang kaniyang mga
alagad at sinabi sa kanila, **2** "Naaawa ako sa mga tao dahil
patuloy nila akong sinamahan ng tatlong araw at wala silang
makain. **3** Kung pauuwiin ko sila sa kanilang mga tahanan
na hindi pa nakakakain, maaari silang himatayin sa daan. At
nagmula pa sa malayo ang ilan sa kanila." **4** Sinagot siya ng
kaniyang mga alagad, "Saan tayo maaaring makakuha ng
sapat na tinapay sa isang ilang na lugar upang busugin ang
mga taong ito?" **5** Tinanong sila ni Jesus, "Ilang tinapay
ang mayroon kayo?" Sinabi nila, "Pito." **6** Inutusan niyang
umupo sa lupa ang mga tao. Kinuha niya ang pitong tinapay,
nagpasalamat at hinati-hati ang mga ito. Ibinigay niya ang
mga ito sa kaniyang mga alagad upang ipamigay nila, at
ipinamigay nila ang mga ito sa mga tao. **7** Mayroon din silang
ilang maliliit na isda, at matapos siyang makapagpasalamat
para sa mga ito, inutusan niya ang kaniyang mga alagad na
ipamahagi din ito. **8** Kumain sila at nabusog. At kinuha nila
ang mga natirang pinaghati-hati, umabot ang mga ito sa
pitong malalaking basket. **9** May apat na libo ang mga taong
naroroon. At pinauwi niya sila. **10** Agad siyang sumakay
sa bangka kasama ang kaniyang mga alagad at pumunta
sila sa rehiyon ng Dalmanuta. **11** At pumunta ang mga
Pariseo at nagsimulang makipagtalo sa kaniya. Humingi sila
sa kaniya ng palatandaan mula sa langit upang subukin
siya. **12** Napabuntong-hininga siya sa kaniyang espiritu
at kaniyang sinabi, "Bakit naghahanap ng palatandaan
ang salinlahing ito? Totoong sinasabi ko sa inyo, walang
palatandaang ibibigay sa salinlahing ito." **13** Pagkatapos ay
iniwan sila ni Jesus, muling sumakay sa bangka, at pumunta
sa kabilang dako. **14** Ngayon nakalimutan ng mga alagad
na magdala ng tinapay. Mayroon lamang silang natitirang
isang tinapay sa bangka. **15** Binalaan niya sila at sinabi,
"Magmasid kayo at magbantay laban sa lebadura ng mga
Pariseo at sa lebadura ni Herodes." **16** Nangatwiran ang
mga alagad sa isa't isa, "Ito ay dahil wala tayong tinapay."
**17** Batid ito ni Jesus, at sinabi niya sa kanila, "Bakit ninyo
ipinangangatwirang wala kayong tinapay? Hindi pa ba ninyo
nababatid? Hindi ba ninyo nauunawaan? Naging tigang na
ba ang inyong mga puso? **18** Mayroon kayong mga mata,
hindi ba ninyo nakikita? Mayroon kayong mga tainga, hindi
ba ninyo naririnig? Hindi pa rin ba ninyo naaalala? **19** Nang
hinati ko ang limang tinapay para sa limang libo, ilang basket
ang inyong napuno ng mga hinati-hating tinapay?" Sinabi
nila sa kaniya, "Labindalawa." **20** "At nang hinati-hati ko
ang pitong tinapay para sa apat na libo, ilang basket ang
inyong napuno?" Sinabi nila sa kaniya, "Pito." **21** Sinabi niya,
"Hindi pa rin ba ninyo nauunawaan?" **22** Nakarating sila
sa Betsaida. Dinala sa kaniya ng mga tao doon ang isang
lalaking bulag at pinakiusapan nila si Jesus na hawakan
siya. **23** Inalalayan ni Jesus ang lalaking bulag at dinala
siya palabas ng nayon. Nang niluraan niya ang kaniyang
mga mata at pinatong ang kaniyang kamay sa kaniya,
tinanong niya ito, "May nakikita ka bang anumang bagay?"
**24** Tumingin siya at sinabi, "Nakakakita ako ng mga taong
parang mga punong naglalakad." **25** Kaya ipinatong niyang
muli ang kaniyang mga kamay sa kaniyang mga mata, at
iminulat ng lalaki ang kaniyang mga mata, nanumbalik ang
kaniyang paningin, at malinaw niyang nakita ang lahat ng
mga bagay. **26** Pinauwi siya ni Jesus sa kaniyang tahanan at
sinabi, "Huwag kang papasok sa bayan." **27** Umalis si Jesus
at ang kaniyang mga alagad patungo sa nayon ng Cesarea
Filipos. Sa daan tinanong niya ang kaniyang mga alagad,
"Sino ako ayon sa mga sinasabi ng mga tao?" **28** Sumagot
sila at sinabi, "Si Juan na Tagabautismo. Sinasabi ng iba, 'si
Elias,' at ang iba, 'Isa sa mga propeta.'" **29** Tinanong sila
ni Jesus, "Ngunit para sa inyo, sino ako?" Sinabi ni Pedro
sa kaniya, "Ikaw ang Cristo." **30** Binalaan sila ni Jesus na
huwag ipagsabi sa kahit kanino ang tungkol sa kaniya. **31**
At nagsimula siyang magturo sa kanila na ang Anak ng
Tao ay kailangang magdusa ng maraming bagay, at hindi
tatanggapin ng mga nakatatanda, ng mga punong pari at ng
mga eskriba, at ipapapatay, at muling babangon matapos
ang tatlong araw. **32** Malinaw niya itong sinabi. At dinala
siya ni Pedro sa isang tabi at nagsimula siyang pagsabihan.
**33** Ngunit lumingon si Jesus at tumingin sa kaniyang mga
alagad at sinaway niya si Pedro at sinabi, "Layuan mo
ako Satanas! Hindi mo pinahahalagahan ang mga bagay
tungkol sa Diyos ngunit pinahahalagahan mo ang mga
bagay tungkol sa mga tao." **34** Pagkatapos tinawag niya ang

maraming tao, kasama ng kaniyang mga alagad, at sinabi
niya sa kanila, “Kung sinuman ang nagnanais sumunod sa
akin, kailangan niyang ikaila ang kaniyang sarili, pasanin
ang kaniyang krus at sumunod sa akin. **35** Sapagkat ang
sinumang nais magligtas ng kaniyang buhay ay mawawalan
nito at sinumang mawawalan ng kaniyang buhay alang-
alang sa akin at para sa ebanghelyo ay makapagliligtas nito.
**36** Ano ang mapapala ng isang tao, na makuha ang buong
mundo at pagkatapos ay mawala ang kaniyang sariling
buhay? **37** Ano ang maibibigay ng isang tao kapalit ng
kaniyang buhay? **38** Kapag ikinahiya ako at ang aking salita
ng sinuman sa mapangalunya at makasalanang salinlahing
ito, ikakahiya rin siya ng Anak ng Tao kapag dumating na
siya sa kaluwalhatian ng kaniyang Ama kasama ang mga
banal na anghel.”

**9** At sinabi niya sa kanila, “Totoo itong sasabihin ko
sa inyo, mayroong ilan sa inyo na nakatayo rito ang
hindi makakaranas ng kamatayan bago nila makita ang
kaharian ng Diyos na darating na may kapangyarihan.” **2** At
makalipas ang anim na araw, sinama ni Jesus si Pedro,
Santiago at Juan na umakyat sa mataas na bundok, na
sila lang ang naroon. Pagkatapos, nagbago ang kaniyang
anyo sa kanilang harapan. **3** Ang kaniyang kasuotan ay
kumikinang nang napakaliwanag, labis na maputi, mas
maputi kaysa sa anumang pampaputi sa mundo na maaaring
makapagpapaputi sa mga ito. **4** Pagkatapos ay nagpakita
sa kanila si Elias kasama si Moises, at nakikipag-usap sila
kay Jesus. **5** Nagsalita si Pedro at sinabi kay Jesus, “Guro,
mabuti para sa amin na kami ay naririto kaya hayaan mo
kaming gumawa ng tatlong silungan, isa para sa iyo, isa
para kay Moises at isa para kay Elias.” **6** (Sapagkat hindi
niya alam kung ano ang sasabihin, sapagkat sila ay lubhang
natakot.) **7** Isang ulap ang dumating at lumilim sa kanila.
Pagkatapos, isang boses ang nagmula sa ulap, “Ito ang
aking minamahal na Anak. Makinig kayo sa kaniya.” **8**
Biglang, nang sila ay lumingon sa paligid, wala silang ibang
nakitang kasama nila kundi si Jesus lamang. **9** Habang sila
ay bumababa ng bundok, inutusan niya na walang sinuman
ang kanilang pagsasabihan kung ano ang kanilang nakita,
hanggang ang Anak ng Tao ay bumangon mula sa patay. **10**
Kaya inilihim nila ang nangyari sa kanilang mga sarili, ngunit
pinag-usapan nila kung ano ang ibig sabihin ng “bumangon
mula sa patay.” **11** Siya ay tinanong nila, “Bakit sinasabi
ng mga eskriba na dapat maunang dumating si Elias?” **12**
Sinabi niya sa kanila, “Tunay na mauunang darating si Elias
upang ibalik sa dati ang lahat ng bagay. Kung gayon bakit
nasusulat na ang Anak ng Tao ay maghihirap ng maraming
bagay at kasusuklaman? **13** Ngunit sinasabi ko sa inyo
na si Elias ay dumating na at ginawa nila ang lahat ng
gusto nilang gawin sa kaniya, tulad ng sinasabi ng kasulatan
tungkol sa kaniya.” **14** At nang makabalik sila sa mga alagad,
nakita nila ang napakaraming tao na nakapalibot sa kanila
at nakikipagtalo ang mga eskriba sa kanila. **15** At nang
makita nila si Jesus, namangha ang lahat ng mga tao at
kaagad nagsipagtakbuhan papunta sa kaniya upang siya ay
batiin. **16** Tinanong niya ang kaniyang mga alagad, “Ano
ang inyong pinagtatalunan sa kanila?” **17** Sinagot siya ng
isa sa mga taong naroroon, “Guro, dinala ko sa iyo ang
aking anak na lalaki, mayroon siyang espiritu na pumipigil
sa kaniya na makapagsalita, **18** at nagiging sanhi ito ng
kaniyang pangingisay at ibinabagsak siya nito, bumubula
ang kaniyang bibig, nagngangalit ang kaniyang mga ngipin
at naninigas. Hiniling ko sa iyong mga alagad na palayasin
ito sa kaniya ngunit hindi nila ito magawa.” **19** Sinagot sila ni
Jesus, “Salinlahing walang pananampalataya, hanggang
kailan ba ako kailangang manatili kasama ninyo? Hanggang
kailan ko kayo pagtitiisan? Dalhin ninyo siya sa akin.” **20**
Dinala nila ang batang lalaki sa kaniya. Nang makita ng
espiritu si Jesus, kaagad siya nitong pinangisay. Natumba
ang bata sa lupa at bumula ang bibig. **21** Tinanong ni Jesus
ang ama ng bata, “Gaano na siya katagal na ganito?” Sinabi
ng ama, “Mula pagkabata. **22** Madalas siyang tinatapon
nito sa apoy o sa tubig at sinubukan siya nitong patayin.
Kung may magagawa kang kahit ano, kaawaan mo kami at
tulungan mo kami.” **23** Sinabi ni Jesus sa kaniya, “'Kung may
magagawa'? Ang lahat ay magagawa sa mga naniniwala.” **24**
Agad na sumigaw ang ama ng bata at nagsabi, “Naniniwala
ako! Tulungan mo ang aking kawalan ng paniniwala!” **25**
Nang makita ni Jesus ang mga tao na tumatakbo papunta
sa kanila, sinaway niya ang masamang espiritu at sinabi,
“Ikaw pipi at binging espiritu, inuutusan kita, lumabas ka
at huwag nang bumalik pa sa kaniya.” **26** Sumigaw ito at
matinding pinangisay ang bata at pagkatapos ay lumabas.
Nagmukhang parang isang patay ang bata kaya marami ang
nagsabi, “Patay na siya.” **27** Ngunit hinawakan ni Jesus ang
kaniyang kamay at ibinangon siya, at tumayo ang batang
lalaki. **28** Nang pumasok si Jesus sa bahay, tinanong siya
ng kaniyang mga alagad ng sarilinan. “Bakit hindi namin
iyon mapalayas?” **29** Sinabi niya sa kanila, “Ang ganitong
uri ay hindi mapapalayas maliban sa pamamagitan ng
panalangin.” **30** Umalis sila mula roon at dumaan sa Galilea.
Ayaw niyang malaman ng kahit sino kung nasaan sila, **31**
sapagkat tinuturuan niya ang kaniyang mga alagad. Sinabi
niya sa kanila, “Ang Anak ng Tao ay ibibigay sa kamay ng
mga tao, at siya ay papatayin nila. Kung siya ay pinatay na,
babangon siyang muli pagkalipas ng tatlong araw.” **32** Ngunit
hindi nila naintindihan ang pahayag na ito, at natakot silang
tanungin siya. **33** At dumating sila sa Capernaum. At nang

siya ay nasa loob ng bahay, tinanong niya sila, “Ano ang
pinagtatalunan ninyo sa daan?” **34** Ngunit sila ay tahimik.
Sapagkat habang sila ay nasa daan nakikipagtalo sila sa
isa't isa kung sino ang pinakadakila sa kanila. **35** Umupo
siya at tinawag ang Labindalawa nang magkakasama, at
sinabi niya sa kanila, “Kung sino man ang nais mauna, dapat
siyang maging huli sa lahat at maging tagapaglingkod ng
lahat.” **36** Kumuha siya ng isang maliit na bata at pinaupo sa
kanilang kalagitnaan. Binuhat niya ito at sinabi sa kanila,
**37** “Sinumang tumanggap sa isang batang katulad nito sa
aking pangalan ay tumanggap din sa akin, at kung sinuman
ang tumanggap sa akin, hindi lamang ako ang tinanggap
niya, kundi maging ang nagsugo sa akin.” **38** Sinabi ni
Juan sa kaniya, “Guro, may nakita kaming nagpapalayas ng
demonyo sa iyong pangalan at pinatigil namin siya, dahil
hindi siya sumusunod sa atin.” **39** Ngunit sinabi ni Jesus,
“Huwag ninyo siyang patigilin, sapagkat walang sinuman ang
gagawa ng dakilang bagay sa pangalan ko at pagkatapos
ay magsasalita ng anumang masama tungkol sa akin. **40**
Sinumang hindi laban sa atin ay sumasa atin, **41** Sinumang
magbigay sa inyo ng isang tasa ng tubig upang inumin dahil
kabilang kayo kay Cristo, totoong sinasabi ko sa inyo, hindi
mawawala ang kaniyang gantimpala. **42** Ang sinumang
nagiging dahilan na madapa ang isa sa mga bata na ito na
naniniwala sa akin, mas mabuti pa sa kaniya na talian ang
kaniyang leeg ng malaking gilingang bato at itapon siya sa
dagat. **43** Kung ang iyong kamay ang dahilan upang ikaw
ay madapa, putulin mo ito. Mas mabuti pang pumasok ka
sa buhay na walang kamay kaysa may dalawang kamay
at pumunta sa impiyerno, sa apoy na hindi namamatay.
**(Geenna g1067)** **44** (kung saan ang kanilang mga uod ay hindi
kailanman mamamatay at ang apoy ay hindi kailanman
mamamatay) **45** Kung ang iyong paa ang dahilan upang
ikaw ay madapa, putulin mo ito. Mas mabuti pa para sa
iyo na pilay kang papasok sa buhay, kaysa may dalawang
paa at maitapon sa impiyerno. **(Geenna g1067)** **46** (kung saan
ang kanilang mga uod ay hindi kailanman mamamatay at
ang apoy ay hindi kailanman mamamatay.) **47** Kung ang
iyong mata ang dahilan upang ikaw ay madapa, dukutin
mo ito. Mas mabuti pang pumasok sa kaharian ng Diyos
na may isang mata kaysa mayroong dalawang mata at
maitapon sa impiyerno, **(Geenna g1067)** **48** kung saan hindi
namamatay ang kanilang mga uod at hindi namamatay ang
apoy. **49** Dahil ang lahat ay maasinan ng apoy. **50** Ang asin
ay mabuti, ngunit kung mawala ang pagka-alat nito, paano
mo ito mapapaalat muli? Taglayin ninyo ang asin sa inyong
mga sarili at magkaroon kayo ng kapayapaan sa isa't-isa.”

**10** Iniwan ni Jesus ang lugar na iyon at pumunta sa
rehiyon ng Judea at sa lugar lampas sa Ilog ng Jordan
at muling pumunta ang mga tao sa kaniya. Tinuruan niyang
muli ang mga ito, gaya ng kaniyang nakagawian. **2** At
pumunta sa kaniya ang mga Pariseo upang subukin siya
at nagtanong, “Naaayon ba sa batas ang hiwalayan ng
asawang lalaki ang kaniyang asawa?” **3** Sumagot siya,
“Ano ba ang iniutos sa inyo ni Moises?” **4** Sinabi nila,
“Pinahintulutan ni Moises ang lalaki na sumulat ng katibayan
ng paghihiwalay at pagkatapos ay paaalisin siya.” **5** Sinabi
ni Jesus sa kanila, “Ito ay dahil sa matitigas ninyong mga
puso, kaya isinulat niya ang batas na ito. **6** Ngunit sa
simula pa lamang ng paglikha, 'Ginawa sila ng Diyos na
lalaki at babae.' **7** 'Sa kadahilanang ito, iiwanan ng lalaki
ang kaniyang ama at ina upang makipisan sa kaniyang
asawa, **8** at ang dalawa ay magiging isang laman.' Kaya
hindi na sila dalawa, kundi iisang laman. **9** Kaya ang
pinagbuklod ng Diyos, huwag paghiwalayin ng tao.” **10** Nang
nasa bahay na sila, muli siyang tinanong ng kaniyang mga
alagad tungkol dito. **11** Sinabi niya sa kanila, “Sinumang
makipaghiwalay sa kaniyang asawang babae at mag-asawa
ng ibang babae ay nangangalunya laban sa kaniya. **12** At
kung makikipaghiwalay ang babae sa kaniyang asawa at
mag-asawa ng ibang lalaki, siya ay nangangalunya.” **13** At
dinala nila ang kanilang mga anak sa kaniya upang sila ay
maaari niyang hawakan, ngunit sinaway sila ng mga alagad.
**14** Ngunit nang mabatid ito ni Jesus, labis na sumama ang
kaniyang loob at sinabi sa kanila, “Pahintulutan ninyong
pumunta sa akin ang mga maliliit na bata at huwag ninyo
silang pagbawalan, dahil nabibilang ang mga katulad nila
sa kaharian ng Diyos. **15** Totoo, sinasabi ko ito sa inyo,
sinumang hindi tatanggap sa kaharian ng Diyos na tulad ng
isang maliit na bata ay tiyak na hindi makakapasok dito.” **16**
Pagkatapos, kinalong niya ang mga bata at binasbasan niya
sila sa pagpatong ng kaniyang kamay sa kanila. **17** At nang
simulan niya ang kaniyang paglalakbay, patakbong lumapit
sa kaniya ang isang lalaki at lumuhod sa harapan niya at
nagtanong, “Mabuting Guro, ano ang dapat kong gawin
upang manahin ang buhay na walang hanggan?” **(aiōnios
g166)** **18** At sinabi ni Jesus, “Bakit mo ako tinawag na mabuti?
“Walang sinuman ang mabuti, maliban lamang sa Diyos. **19**
Alam mo ang mga kautusan: 'Huwag kang papatay, huwag
kang mangangalunya, huwag kang magnakaw, huwag kang
magpapatotoo ng kasinungalingan, huwag kang mandaraya,
igalang mo ang iyong ama at ina'.” **20** Sinabi ng lalaki, “Guro,
sinunod ko ang lahat ng mga bagay na ito magmula pa sa
aking pagkabata.” **21** Tiningnan siya ni Jesus at minahal
siya. Sinabi niya sa kaniya, “Isang bagay ang kulang sa iyo.
Dapat mong ipagbili ang lahat ng mayroon ka at ibigay sa
mga mahihirap at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit.
Pagkatapos ay sumunod ka sa akin.” **22** Ngunit pinanghinaan

siya ng loob sa mga pahayag na ito, umalis siya na lubusang
nalungkot sapagkat marami siyang ari-arian. **23** Tumingin si
Jesus sa kaniyang paligid at sinabi sa kaniyang mga alagad,
“Napakahirap para sa mga mayayaman ang makapasok
sa kaharian ng Diyos!” **24** Namangha ang mga alagad sa
kaniyang mga salita. Ngunit muling sinabi ni Jesus sa kanila,
“Mga bata, napakahirap ang makapasok sa kaharian ng
Diyos! **25** Mas madali pang makapasok sa butas ng karayom
ang kamelyo, kaysa sa isang mayaman na makapasok sa
kaharian ng Diyos.” **26** Labis silang namangha at sinabi sa
isa't isa, “Kung gayon sino ang maliligtas?” **27** Tumingin
si Jesus sa kanila at sinabi, “Hindi magagawa ito sa mga
tao, ngunit hindi sa Diyos. Sapagkat magagawa ng Diyos
ang lahat.” **28** Nagsimulang magsalita sa kaniya si Pedro,
“Tingnan mo, iniwan namin ang lahat at sumunod sa iyo.”
**29** Sinabi ni Jesus, “Totoo ang sinasabi ko sa inyo, walang
sinuman ang nang-iwan ng bahay, mga kapatid, ina, ama,
mga anak, o mga lupain alang-alang sa akin at alang-
alang sa mabuting balita, **30** ang hindi makatatanggap ng
isandaang ulit pa ng mga ito sa mundo ngayon: mga bahay,
mga kapatid, mga ina, mga anak at mga lupain na may
mga pag-uusig, at sa mundong paparating, ang buhay na
walang hanggan. **(aiōn g165, aiōnios g166)** **31** Ngunit marami
ang nauuna na mahuhuli at ang nahuhuli ay mauuna.”
**32** Nasa daan sila, paakyat sa Jerusalem at nauuna si
Jesus sa kanila. Namangha ang mga alagad at ang mga
sumusunod ay natatakot. At muling ibinukod ni Jesus ang
Labindalawa at nagsimulang sabihin sa kanila ang nalalapit
na mangyayari sa kaniya, **33** “Tingnan ninyo, pupunta tayo
sa Jerusalem, at ihaharap ang Anak ng Tao sa mga punong
pari at sa mga eskriba. Hahatulan nila siya ng kamatayan at
ibibigay siya sa mga Gentil. **34** Kukutyain nila siya, duduraan,
hahagupitin at kanilang papatayin. Ngunit mabubuhay siya
pagkatapos ng tatlong araw.” **35** Pumunta sa kaniya sina
Santiago at Juan, mga anak ni Zebedeo at sinabi, “Guro,
gusto naming gawin mo para sa amin ang kahit anong
hingin namin sa iyo.” **36** Sinabi niya sa kanila, “Anong gusto
ninyong gawin ko para sa inyo?” **37** Sinabi nila, “Payagan
mo kaming umupo na kasama mo sa iyong kaluwalhatian,
isa sa iyong kanang kamay at ang isa sa iyong kaliwa.” **38**
Ngunit sumagot si Jesus sa kanila, “Hindi ninyo alam ang
inyong hinihingi. Makakaya ba ninyong uminom sa tasang
iinuman ko o tiisin ang bautismo na ibabautismo sa akin?”
**39** Sinabi nila sa kaniya, “Makakaya namin.” Sinabi ni Jesus
sa kanila, “Ang tasang iinuman ko, iinuman ninyo at ang
bautismo na ibabautismo sa akin, titiisin ninyo. **40** Ngunit
kung sino ang uupo sa aking kanang kamay o sa aking
kaliwang kamay, hindi ako ang magkakaloob kundi para
ito sa kaninumang naihanda na.” **41** Nang marinig ng iba
pang sampung alagad ang tungkol dito, nagsimula silang
magalit ng labis kina Santiago at Juan. **42** Tinawag sila
ni Jesus at sinabi, “Alam ninyo na ang itinuturing na mga
pinuno ng mga Gentil ang nangingibabaw sa kanila, at ang
kanilang mga mahahalagang tao ang nagpapatupad ng
kapangyarihan sa kanila. **43** Ngunit hindi sa paraang ito
ang nararapat sa inyo. Sinumang nagnanais na maging
dakila sa inyo ay nararapat ninyong maging lingkod, **44** at
sinumang nagnanais na manguna sa inyo ay nararapat na
maging alipin ng lahat. **45** Sapagkat hindi dumating ang
Anak ng Tao upang paglingkuran, ngunit upang maglingkod
at upang ibigay ang kaniyang buhay bilang katubusan ng
lahat.” **46** Nakarating sila sa Jerico. Nang paalis na si
Jesus sa Jerico kasama ang kaniyang mga alagad at ang
napakaraming tao, ang anak ni Timeo, na si Bartimeo, isang
bulag na pulubi ay nakaupo sa tabi ng daan. **47** Nang marinig
niyang si Jesus na taga-Nazaret iyon, nagsimula siyang
sumigaw at nagsabi, “Jesus, Anak ni David, maawa ka sa
akin!” **48** Maraming sumusuway sa bulag, na nagsasabi na
manahimik siya. Ngunit lalo pa siyang sumigaw, “Anak ni
David, maawa ka sa akin!” **49** Huminto si Jesus at iniutos
na siya ay tawagin. Tinawag nila ang bulag na sinasabi,
“Maging matapang ka! Tumayo ka! Tinatawag ka niya.” **50**
Inihagis niya ang kaniyang balabal, lumukso at pumunta
kay Jesus. **51** At sinagot siya ni Jesus at sinabi, “Anong
gusto mong gawin ko para sa iyo?” Sinabi ng bulag, “Rabi,
gusto kong matanggap ang aking paningin.” **52** Sinabi ni
Jesus sa kaniya, “Humayo ka. Ang iyong pananampalataya
ang nagpagaling sa iyo.” Kaagad niyang natanggap ang
kaniyang paningin at sumunod siya kay Jesus sa daan.

**11** Ngayon nang makarating sila sa Jerusalem, nang
malapit na sila sa Betfage at Bethania, sa Bundok ng
Olibo, inutusan ni Jesus ang dalawa niyang alagad **2** at
sinabi sa kanila, “Pumunta kayo sa nayon sa tapat natin.
Sa oras na makapasok kayo, makakakita kayo ng isang
batang asno hindi pa nasasakyan. Kalagan ninyo ito at
dalhin ninyo sa akin. **3** At kung sinuman ang magtatanong
sa inyo, 'Bakit ninyo ginagawa iyan?', sabihin ninyo lang,
'Kailangan ito ng Panginoon at ibabalik din ito agad dito.'” **4**
Umalis sila at nakita ang isang batang asno na nakatali sa
labas ng isang pintuan sa lansangan at kinalagan nila ito.
**5** May ilang mga tao ang nakatayo doon at nagtanong sa
kanila, “Anong ginagawa ninyo at kinakalagan ninyo ang
bisiro?” **6** Sinagot nila sila gaya ng sinabi sa kanila ni Jesus
at pinabayaan na silang makaalis ng mga tao. **7** Dinala ng
dalawang alagad ang bisiro kay Jesus at nilatagan nila ito
ng kanilang kasuotan upang masakyan niya. **8** Maraming
mga tao ang naglatag ng kanilang mga kasuotan sa daan at
mayroon din namang naglatag ng mga sanga na pinutol

nila mula sa bukirin. **9** Ang mga nauuna at sumusunod sa kaniya ay sumisigaw ng, “Hosanna! Pinagpala ang sinumang pumaparito sa pangalan ng Panginoon. **10** Pagpalain ang pagdating ng kaharian ng ating amang si David! Hosanna sa kataas-taasan!” **11** Pagkatapos ay pumasok si Jesus sa loob ng Jerusalem at tumuloy sa templo at tumingin sa paligid at sa lahat ng mga bagay. Ngayon, dahil hapon na, pumunta siya sa Bethania kasama ang Labindalawa. **12** Kinabukasan, sa kanilang pagbabalik mula sa Bethania, nagutom siya. **13** At nang nakakita siya sa malayo ng puno ng igos na may mga dahon, pumunta siya upang tingnan kung mayroon ba siyang makukuha rito. At pagkarating niya doon, wala siyang nakita kung hindi puro dahon, dahil hindi pa panahon ng mga igos. **14** Kinausap niya ito, “Wala ng makakakain muli ng bunga mula sa iyo.” At narinig ito ng kaniyang mga alagad. **(aiōn g165)** **15** Nakarating sila sa Jerusalem, pumasok siya sa templo at sinimulan niyang palayasin ang mga nagtitinda at namimili sa templo. Tinaob niya ang mga lamesa ng mga nagpapalit ng salapi at ang mga upuan ng mga nagbebenta ng kalapati. **16** Hindi niya pinayagang makapasok ang kahit na sino na may dalang kahit na anong bagay na maaaring ibenta sa templo. **17** Tinuruan niya sila at sinabi, “Hindi ba nasusulat na, 'Ang aking tahanan ay tatawaging Bahay ng Panalangin para sa lahat ng mga bansa'? Ngunit ginawa ninyo itong yungib ng mga magnanakaw.” **18** Narinig ng mga punong pari at ng mga eskriba ang sinabi niya, at naghanap sila ng paraan upang ipapatay siya. Kinatatakutan nila siya dahil ang lahat ng mga tao ay namangha sa kaniyang mga tinuturo. **19** At tuwing sumasapit ang gabi ay umaalis sila sa lungsod. **20** Nang dumaan sila kinaumagahan, nakita nilang nalanta na ang puno ng igos hanggang sa mga ugat nito. **21** Naalala ito ni Pedro at sinabi, “Rabi, tignan mo! Nalanta ang puno ng igos na sinumpa mo.” **22** Sinagot sila ni Jesus, “Manampalataya kayo sa Diyos. **23** Totoo itong sinasabi ko sa inyo na kung sinuman ang magsasabi sa bundok na ito na, ''Mapataas ka at ihagais mo ang iyong sarili sa dagat,' at kung hindi siya magdududa sa kaniyang puso ngunit naniniwala siyang mangyayari ang sinabi niya, iyon ang gagawin ng Diyos. **24** Kaya sinasabi ko ito sa inyo: Ang lahat ng inyong ipapanalangin at hinihiling, maniwala kayong natanggap na ninyo, at ito ay mapapasa-inyo. **25** Kapag tumayo ka at mananalangin, kailangan mong patawarin ang kahit na anong mayroon ka laban sa kahit na sino, nang sa gayon ay mapatawad din ng inyong Amang nasa langit ang iyong mga pagsuway.” **26** (Ngunit kung hindi ka magpapatawad, hindi rin patatawarin ng Amang nasa langit ang inyong mga kasalanan.) **27** Nakarating silang muli ng Jerusalem, habang si Jesus ay naglalakad sa templo, nilapitan siya ng mga punong pari, mga eskriba, at ng mga nakatatanda. **28** Sinabi nila sa kaniya, “Sa anong kapangyarihan mo ginagawa ang mga bagay na ito? At sino ang nagbigay sa iyo ng kapangyarihang gawin ang mga ito?” **29** Sinabi sa kanila ni Jesus, “Tatanungin ko kayo ng isang katanungan. Sabihin ninyo sa akin at sasabihin ko rin sa inyo kung sa anong kapangyarihan ko ginagawa ang mga bagay na ito. **30** Ang pagbabautismo ni Juan, nanggaling ba iyon sa langit o sa tao? Sagutin ninyo ako.” **31** At sila ay nag-usap-usap at nagtalu-talo at sinabi, “Kung sasabihin nating, 'Sa langit,' sasabihin niyang, 'Bakit hindi ninyo siya pinaniwalaan?' **32** Ngunit kung sasabihin nating, 'Mula sa tao,'...” Natakot sila sa mga tao, dahil pinanghahawakan nilang lahat na si Juan ay isang propeta. **33** Pagkatapos ay sinagot nila si Jesus at sinabi, “Hindi namin alam.” At sinabi ni Jesus sa kanila, “Hindi ko rin sasabihin sa inyo kung sa anong kapangyarihan ko ginagawa ang mga bagay na ito.”

**12** Pagkatapos nagsimulang magturo sa kanila si Jesus ng mga talinghaga. Sinabi niya, “May isang tao na gumawa ng ubasan, binakuran ang paligid nito, at gumawa ng hukay para sa pisaan ng ubas. Nagtayo siya ng toreng bantayan at pagkatapos ay pinaupahan niya ang ubasan sa mga katiwala ng ubas. Pagkatapos ay naglakbay siya. **2** Sa tamang panahon, ipinadala niya ang kaniyang lingkod sa mga tagapag-alaga ng ubas upang tanggapin mula sa kanila ang ilan sa mga bunga ng ubasan. **3** Ngunit kinuha nila siya, binugbog at pinalayas na walang dalang anuman. **4** Muli siyang nagpadala sa kanila ng iba pang lingkod, sinugatan nila ito sa ulo at ipinahiya. **5** Nagpadala siya ng isa pa, at pinatay rin nila ito. Ganito din ang pakikitungo nila sa mga iba pa, binugbog ang ilan at pinapatay ang iba. **6** Mayroon pa siyang isang taong maipapadala, ang pinakamamahal niyang anak. Siya ang pinakahuling taong ipinadala niya sa kanila. Sinabi niya, “Igagalang nila ang aking anak.” **7** Ngunit sinabi ng mga katiwala sa isa't isa, “Ito ang tagapagmana. Halikayo, patayin natin siya at mapapasaatin ang kaniyang mana.” **8** Dinakip nila siya, pinatay at ipinatapon sa labas ng ubasan. **9** Kaya, ano ang gagawin ng may-ari ng ubasan? Darating siya at papatayin ang mga katiwala ng ubas at ibibigay ang ubasan sa iba. **10** Hindi ba ninyo nababasa ang kasulatang ito? 'Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo, ang naging batong-panulukan. **11** Mula ito sa Panginoon at kamangha-mangha ito sa ating mga mata.'” **12** Nais nilang hulihin si Jesus ngunit natakot sila sa maraming tao, sapagkat alam nilang sinabi niya ang talinghagang ito laban sa kanila. Kaya iniwan nila siya at umalis. **13** Pagkatapos, nagpadala sila sa kaniya ng ilan sa mga Pariseo at mga tauhan ni Herodes upang bitagin siya sa pamamagitan ng mga salita. **14** Nang makarating sila, sinabi nila sa kaniya, “Guro, alam namin na wala kayong pakialam sa saloobin

ninuman at hindi kayo nagpapakita ng pagpanig sa pagitan
ng mga tao. Tunay na iyong itinuturo ang daan ng Diyos.
Naaayon ba sa kautusan na magbayad ng buwis kay Cesar
o hindi? Kailangan ba kaming magbayad o hindi?" 15 Ngunit
batid ni Jesus ang kanilang pagkukunwari at sinabi niya
sa kanila, "Bakit ninyo ako sinusubok? Dalhan ninyo ako
ng denario upang matingnan ko ito." 16 Nagdala sila ng
isa kay Jesus. Sinabi niya sa kanila, "Kaninong larawan at
tatak ito?" Sumagot sila, "Kay Cesar." 17 Sinabi ni Jesus,
"Ibigay kay Cesar ang mga bagay na kay Cesar, at sa Diyos
ang mga bagay na sa Diyos." Namangha sila sa kaniya.
18 Pagkatapos pumunta sa kaniya ang mga Saduceo na
nagsasabing walang pagkabuhay muli. Tinanong nila siya na
nagsasabi, 19 "Guro, sumulat si Moises para sa atin, 'Kung
namatay ang kapatid na lalaki ng isang lalaki at maiwan niya
ang asawa, ngunit walang anak, kailangang kunin ng lalaki
ang asawa ng kaniyang kapatid, at magkaroon ng mga anak
para sa kaniyang kapatid.' 20 Mayroong pitong magkakapatid
na lalaki; ang una ay nakapangasawa at pagkatapos ay
namatay na walang naiwang anak. 21 Pagkatapos kinuha
siya upang mapangasawa ng ikalawa at namatay na walang
naiwang anak. At gayundin ang ikatlo. 22 At walang naiwang
anak ang pito. Sa huli namatay din ang babae. 23 Sa
muling pagkabuhay, kapag sila ay bumangon muli, sino ang
kaniyang magiging asawa? Gayong napangasawa niya ang
lahat ng pitong magkakapatid." 24 Sinabi ni Jesus, "Hindi ba
ito ang dahilan kaya kayo nagkakamali, dahil hindi ninyo
nalalaman ang kasulatan maging ang kapangyarihan ng
Diyos? 25 Sapagkat kapag bumangon sila mula sa mga
patay, hindi na sila mag-aasawa o makapag-aasawa, ngunit
katulad sila ng mga anghel sa langit. 26 Ngunit tungkol sa
mga patay na ibinangon, hindi ba ninyo nabasa sa Aklat ni
Moises, sa salaysay tungkol sa mababang punong kahoy,
kung paano nangusap sa kaniya ang Diyos at sinabi, 'Ako
ang Diyos ni Abraham at ang Diyos ni Isaac at ang Diyos ni
Jacob?' 27 Hindi siya ang Diyos ng mga patay, ngunit ng
mga buhay. Nagkakamali kayo. 28 Isa sa mga eskriba ang
nagpunta at nakarinig sa kanilang pag-uusap, nakita niyang
mahusay silang sinagot ni Jesus. Tinanong niya ito, "Ano
ang pinakamahalagang kautusan sa lahat?" 29 Sumagot
si Jesus, "Ang pinakamahalagang kautusan ay, 'Makinig
kayo, Israel, ang Panginoong ating Diyos, ang Panginoon
ay iisa. 30 Ibigin ninyo ang Panginoon ninyong Diyos nang
buong puso, nang buong kaluluwa, nang buong pag-iisip,
at nang buong kalakasan.' 31 Ito ang ikalawang kautusan,
'Ibigin ninyo ang inyong kapwa gaya ng inyong sarili.' Wala
nang iba pang kautusang higit na dakila kaysa mga ito."
32 Sinabi ng eskriba, "Mahusay, Guro! Tunay na nasabi
ninyong iisa ang Diyos, at wala ng iba pa maliban sa kaniya.
33 Ang ibigin siya nang buong puso, nang buong pang-
unawa, nang buong kalakasan, at ang ibigin ang kapwa
gaya ng sarili ay higit na mahalaga kaysa sa lahat ng mga
susunuging mga alay at mga hain." 34 Nang makita ni Jesus
na siya ay nagbigay ng matalinong kasagutan, sinabi niya
sa kaniya, "Hindi ka malayo sa kaharian ng Diyos." Matapos
iyon walang sinumang nangahas magtanong kay Jesus
ng anumang mga katanungan. 35 At tumugon si Jesus,
habang nangangaral siya sa templo, sinabi niya, "Paano ito
nasasabi ng mga eskriba na ang Cristo ay anak ni David?
36 Si David mismo, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu
ay nagsabi, 'Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon,
umupo ka sa aking kanang kamay, hanggang magawa kong
tapakan ng paa mo ang iyong mga kaaway.' 37 Mismong si
David ay tinawag na Cristo ang 'Panginoon', kaya paano
siya naging anak ni David?" Masayang nakinig sa kaniya
ang napakaraming tao. 38 Sa kaniyang pagtuturo, sinabi ni
Jesus, "Mag-ingat kayo sa mga eskriba na nagnanais na
maglakad ng may mahabang mga balabal at batiin sa mga
pamilihan 39 at magkaroon ng mga pangunahing upuan
sa mga sinagoga at sa mga pangunahing lugar sa mga
kapistahan. 40 Kinakamkam din nila ang mga bahay ng mga
balo at nananalangin sila ng mga mahahabang panalangin
upang makita ng mga tao. Makatatanggap ang mga taong ito
ng mas mabigat na parusa." 41 Pagkatapos umupo si Jesus
sa tapat ng lalagyan ng kaloob sa templo; pinagmamasdan
niya ang mga tao habang inihuhulog nila ang kanilang pera
sa kahon. Maraming mayayamang tao ang naglalagay ng
malalaking halagang pera. 42 At dumating ang isang mahirap
na balo at naglagay ng dalawang kusing na nagkakahalaga
ng isang pera. 43 At tinawag niya ang kaniyang mga alagad
at sinabi sa kanila, "Mahalaga itong sinasabi ko sa inyo, ang
mahirap na balong ito ay nakapaglagay ng higit kaysa lahat
ng nagbigay sa lalagyan ng kaloob 44 Sapagkat nagbigay
ang lahat sa kanila mula sa kanilang kasaganahan. Ngunit
ang balong ito, sa kaniyang kahirapan, inilagay ang lahat ng
perang mayroon siya na kaniyang ikabubuhay."

**13** Habang si Jesus ay naglalakad papalayo mula sa
templo, sinabi sa kaniya ng isa sa kaniyang mga
alagad, "Guro, tingnan mo ang kamangha-manghang mga
bato at mga gusali!" 2 Sinabi niya sa kaniya, "Nakikita
ba ninyo ang naglalakihang mga gusali na ito? Walang
isa mang bato ang matitira sa ibabaw ng kapwa bato,
ang lahat ay maguguho." 3 Nang umupo siya sa Bundok
ng mga Olibo sa tapat ng templo, tinanong siya nang
sarilinan nina Pedro, Santiago, Juan at Andres, 4 "Sabihin
mo sa amin, kailan mangyayari ang mga ito? Ano ang
magiging palatandaan na ang lahat na ito ay malapit nang
mangyari?" 5 Nagsimulang magsalita si Jesus sa kanila,

“Mag- ingat kayo na walang sinuman ang magligaw sa inyo.
**6** Marami ang darating sa aking pangalan at magsasabi,
'Ako siya,' at ililigaw nila ang karamihan. **7** Kapag nakarinig
kayo ng mga digmaan, at mga balita ng digmaan, huwag
kayong mag-alala; dapat mangyari ang mga bagay na ito,
ngunit hindi pa ito ang wakas. **8** Sapagkat makikipaglaban
ang isang bansa sa kapwa niya bansa, at ang kaharian
laban sa kapwa kaharian. Magkakaroon ng mga lindol sa
maraming lugar at mga tag-gutom. Ito ang mga pasimula
ng paghihirap na tulad ng isang babaing manganganak.
**9** Maging mapagbantay kayo. Dadalhin nila kayo sa mga
konseho, at kayo ay bubugbugin sa mga sinagoga. Haharap
kayo sa mga hari at mga gobernador alang-alang sa akin,
bilang isang patotoo sa kanila. **10** Ngunit ang ebanghelyo ay
dapat munang maihayag sa lahat ng mga bansa. **11** Kapag
hinuli nila kayo at ipasakamay sa iba, huwag kayong mag-
alala kung ano ang inyong dapat sabihin. Dahil sa oras na
iyon, ibibigay sa inyo kung ano ang dapat ninyong sabihin;
hindi kayo ang magsasalita, kundi ang Banal na Espiritu.
**12** Ipasakamay ng isang kapatid ang kaniyang kapatid sa
kamatayan, at ang isang ama naman ang kaniyang anak.
Ang mga anak ay lalaban sa kanilang mga magulang at
ipapapatay nila sila. **13** Kayo ay kamumuhian ng lahat dahil
sa aking pangalan. Ngunit sinuman ang makatitiis hanggang
sa wakas, ang taong iyon ay maliligtas. **14** Kapag nakita
ninyo ang kasuklam-suklam na lagim na nakatayo kung
saan ito hindi dapat nakatayo (intindihin ng bumabasa),
tumakas papunta sa mga bundok ang mga nasa Judea,
**15** ang mga nasa bubungan ay huwag ng bumaba pa sa
loob ng bahay, o magdala ng ano pa man mula doon, **16** at
ang mga nasa bukirin ay huwag ng umuwi upang kunin ang
kanilang balabal. **17** Ngunit aba silang mga nagdadalang-tao
at nagpapasuso ng mga sanggol sa mga panahong iyon!
**18** Ipanalangin ninyong huwag itong mangyari sa panahon
ng tag-lamig. **19** Sapagkat magkakaroon ng matinding
kahirapan na wala pang kagaya mula nang simula, nang
likhain ng Diyos ang daigdig hanggang sa ngayon at wala
nang mangyayari pa na katulad nito. **20** Maliban na lang kung
paiksiin ng Panginoon ang mga araw, walang sinuman ang
maliligtas. Ngunit alang-alang sa mga hinirang na mga pinili
niya, paiiksiin niya ang bilang ng mga araw. **21** At kung may
nagsabi sa inyong, 'Tingnan ninyo, nandito ang Cristo!' o
'Tingnan ninyo, nandito siya' huwag ninyo itong paniwalaan.
**22** Sapagkat lilitaw ang mga bulaang Cristo at bulaang mga
propeta at magbibigay ng mga himala at kababalaghan
upang linlangin, kung maaari, maging ang mga hinirang. **23**
Maging mapagbantay kayo! Ngayon pa lang ay sinabi ko
na ang mga bagay na ito sa inyo. **24** Ngunit pagkatapos
ng matinding kahirapan sa mga araw na iyon, ang araw ay
didilim at ang buwan ay hindi na magliliwanag, **25** ang mga
bituwin ay mahuhulog mula sa langit at ang kapangyarihan
na nasa kalangitan ay mayayanig. **26** Pagkatapos, makikita
nila ang Anak ng Tao na dumarating mula sa mga ulap
taglay ang dakila nitong kapangyarihan at kaluwalhatian.
**27** Pagkatapos ipapadala niya ang kaniyang mga anghel
upang tipunin ang kaniyang mga hinirang mula sa apat
na sulok ng mundo, mula sa mga dulo ng lupa hanggang
sa dulo ng langit. **28** Matuto kayo ng aral mula sa puno
ng igos. Sa oras na maging malambot ang sanga nito at
magsimulang sumibol ang mga dahon, alam ninyong malapit
nang dumating ang tag-araw. **29** Gayon din, kapag nakita
ninyong nangyayari ang mga bagay na ito, alam ninyong
malapit na siyang darating, malapit sa mga tarangkahan. **30**
Totoo ang sinasabi ko sa inyo, hindi lilipas ang salinlahing
ito hanggang hindi nangyayari ang lahat ng mga ito. **31**
Lilipas ang langit at ang lupa, ngunit ang aking salita ay
hinding-hindi lilipas. **32** Ngunit patungkol sa araw o sa oras
na iyon, walang sinuman ang nakakaalam, maging ang
mga anghel sa langit o maging ang Anak, tanging ang Ama
lamang. **33** Maging handa kayo! Magbantay kayo, sapagkat
hindi ninyo alam kung sa anong oras ito. **34** Katulad ito
ng isang lalaking naglakbay: umalis siya sa bahay niya at
ipinagkatiwala sa kaniyang mga lingkod ang pamamahala
sa kaniyang bahay, ang bawat isa ay may kani-kaniyang
gawain. At inutusan niya ang tagapagbantay na manatiling
gising. **35** Kaya magbantay kayo! Sapagkat hindi ninyo alam
kung kailan uuwi ang amo ng tahanan, maaaring sa gabi,
sa hating gabi, kapag tumilaok ang tandang, o sa umaga.
**36** Kung bigla siyang dumating, huwag ninyong hayaan na
madatnan niya kayong natutulog. **37** Kung ano ang sinasabi
ko sa inyo ay sinasabi ko sa lahat: Magbantay kayo!”

**14** Dalawang araw pa bago ang Paskua at ang Kapistahan
ng Tinapay na Walang Pampaalsa. Nag-iisip ang mga
punong pari at ang mga eskriba kung paano nila patagong
madakip si Jesus at pagkatapos ay papatayin. **2** Sapagkat
sinasabi nila, “Hindi sa panahon ng pista, sa gayon hindi
magkaroon ng kaguluhan ang mga tao.” **3** Nang si Jesus
ay nasa Bethania sa bahay ni Simon na ketongin, habang
nakasandal siya sa mesa, isang babae ang pumunta sa
kaniya na mayroong dalang alabastrong sisidlan na may
lamang napakamahal na likido na purong nardo. Binasag
niya ito at ibinuhos ang laman sa kaniyang ulo. **4** Ngunit
may ilang nagalit. Nag-usap-usap ang bawat isa at sinabi,
“Ano ang dahilan sa pag-aaksayang ito? **5** Ang pabangong
ito ay maaaring ipagbili ng higit pa sa tatlong daang denario
at maibigay sa mga mahihirap.” At sinasaway nila siya. **6**
Ngunit sinabi ni Jesus, “Pabayaan ninyo siya. Bakit ninyo
siya ginugulo? Ginawa niya ang isang magandang bagay

para sa akin. 7 Nasa inyo lagi ang mga mahihirap, at kung
gugustuhin ninyo, matutulungan ninyo sila, ngunit hindi ninyo
ako laging kasama. 8 Ginawa niya ang kaniyang makakaya,
pinahiran niya ang aking katawan para sa paglilibing sa akin.
9 Totoo ang sinasabi ko sa inyo, saanman maihayag ang
mabuting balita sa buong mundo, ang ginawa ng babaeng
ito ay pag-uusapan bilang alaala sa kaniya." 10 Pagkatapos,
pumunta sa mga pangulong pari si Judas Iscariote, isa sa
Labindalawa upang ibigay si Jesus sa kanila. 11 Nang marinig
ito ng mga punong pari, nasiyahan sila at nangakong bigyan
siya ng pera. Nagsimula siyang maghanap ng pagkakataon
upang maibigay si Jesus sa kanila. 12 Sa unang araw
ng Tinapay na Walang Pampaalsa, nang naghandog sila
ng batang tupa alang-alang sa Paskua, sinabi sa kaniya
ng kaniyang mga alagad, "Saan mo kami nais pumunta
upang maghanda ng hapunan alang-alang sa Paskua?" 13
Ipinadala niya ang dalawa sa kaniyang mga alagad at sinabi
sa kanila, "Pumunta kayo sa lungsod, at isang lalaki na
may dalang tubig na nakalagay sa pitsel ang sasalubong sa
inyo. Sundan ninyo siya. 14 Sundan ninyo siya kung saang
bahay siya papasok at sabihin sa may-ari ng bahay na iyon,
'Ipinapatanong ng Guro, "Nasaan ang aking silid na aking
kakainan sa Paskua kasama ang aking mga alagad?"' 15
"Ipapakita niya sa inyo ang isang malaking silid sa itaas na
kumpleto ang kagamitan na nakahanda na. Gawin ninyo
ang mga paghahanda para sa atin doon." 16 Umalis ang
mga alagad at pumunta sa lungsod, natagpuan nila ang
lahat gaya ng sinabi ni Jesus sa kanila at inihanda nila ang
hapunan alang-alang sa Paskua. 17 Kinagabihan, dumating
siya kasama ang Labindalawa. 18 Habang nakasandal sila
sa lamesa at kumakain, sinabi ni Jesus, "Totoo, sinasabi
ko sa inyo. Isa sa inyo na kasama kong kumakain ang
magkakanulo sa akin. 19 Labis silang nalungkot at isa-isang
nagtanong sa kaniya, "Siguradong hindi ako, di ba?" 20
Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, "Isa sa Labindalawa,
ang kasama kong ngayong nagsasawsaw ng tinapay sa
mangkok. 21 Sapagkat tatahakin ng Anak ng Tao ang daan
na sinasabi sa kasulatan tungkol sa kaniya. Ngunit aba
sa taong magkakanulo sa Anak ng Tao! Mas mabuti pang
hindi na siya isinilang." 22 Habang kumakain sila, kinuha
ni Jesus ang tinapay, pinagpala at hinati-hati niya ito at
ibinigay sa kanila at sinabi, "Kunin ninyo ito. Ito ang aking
katawan." 23 Kumuha siya ng tasa, nagpasalamat, ibinigay
ito sa kanila at uminom silang lahat mula rito. 24 Sinabi niya
sa kanila, "Ito ang aking dugo ng kasunduan, ang dugo na
maibubuhos para sa marami. 25 Totoo, sinasabi ko sa inyo,
hindi ako muling iinom nitong bunga ng ubas hanggang
sa araw na iyon kung kailan ako iinom ng panibago sa
kaharian ng Diyos." 26 Pagkatapos nilang umawit ng himno,
pumunta sila sa Bundok ng mga Olibo. 27 Sinabi ni Jesus
sa kanila, "Iiwanan ninyo akong lahat, sapagkat ito ang
nasusulat, 'Papatayin ko ang pastol at magsisikalat ang
mga tupa.' 28 Ngunit pagkatapos kong mabuhay muli,
mauuna ako sa inyo sa Galilea." 29 Sinabi ni Pedro sa
kaniya, "Kahit iwanan kayo ng lahat, hindi kita iiwanan." 30
Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Totoo, sinasabi ko ito sa iyo,
ngayong gabi, bago tumilaok ang tandang ng dalawang
beses, ipagkakaila mo ako ng tatlong beses. 31 Ngunit sinabi
ni Pedro, "Kung kailangan kong mamatay kasama mo, hindi
kita ipagkakaila." Ganun din ang pangako na sinabi nilang
lahat. 32 Dumating sila sa lugar na tinatawag na Getsemani
at sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, "Umupo kayo
dito habang ako ay nananalangin." 33 Isinama niya sina
Pedro, Santiago at Juan. Nagsimula siyang mabalisa at
labis na nabahala. 34 Sinabi niya sa kanila, "Ang aking
kaluluwa ay labis na nagdadalamhati, kahit sa kamatayan.
Manatili kayo dito at magbantay." 35 Pumunta si Jesus sa di
kalayuan, nagpatirapa sa lupa at nanalangin na kung maaari
ay lampasan siya ng oras na ito. 36 Sinabi niya, "Abba,
Ama, kaya mong gawin ang lahat. Alisin mo ang tasang ito
sa akin. Ngunit hindi ang aking kalooban, kundi ang iyong
kalooban." 37 Bumalik siya at natagpuan silang natutulog, at
sinabi niya kay Pedro, "Simon, natutulog ka ba? Hindi ka ba
makapagbantay ng isang oras man lang? 38 Magbantay
kayo at manalangin na hindi kayo matukso. Tunay na ang
espiritu ay nakahandang sumunod, ngunit mahina ang
laman." 39 Muli siyang umalis at nanalangin at kaniyang
sinabi ang ganoon ding mga salita. 40 Muli siyang bumalik at
nadatnan silang natutulog, sapagkat antok na antok sila at
hindi nila alam kung ano ang kanilang sasabihin sa kaniya.
41 Bumalik siya sa pangatlong pagkakataon at sinabi sa
kanila, "Natutulog pa rin ba kayo at nagpapahinga? Tama
na! Dumating na ang oras. Tingnan ninyo! Ang Anak ng Tao
ay ipinagkakanulo sa mga kamay ng mga makasalanan. 42
Bumangon kayo, umalis na tayo. Tingnan ninyo, malapit na
ang taong magkakanulo sa akin. 43 Habang nagsasalita si
Jesus, kaagad na dumating si Judas, isa sa Labindalawa, at
napakaraming tao ang kasama niya na may mga espada
at pamalo, mula sila sa mga punong pari, mga eskriba, at
mga nakatatanda. 44 Ngayon, nagbigay na ng palatandaan
ang magkakanulo sa kaniya, na nagsasabi, "Kung sino man
ang hahalikan ko, siya iyon. Hulihin ninyo siya at bantayang
mabuti sa pagdala ninyo sa kaniya. 45 Pagdating ni Judas,
kaagad niyang pinuntahan si Jesus at sinabi "Rabi!" At
kaniyang hinalikan. 46 At siya ay sinunggaban nila at dinakip.
47 Ngunit nagbunot ng kaniyang espada ang isa sa kanila
na nakatayo sa malapit at tinaga ang tainga ng lingkod ng
pinakapunong pari. 48 Sinabi ni Jesus sa kanila, "Kayo

ba ay nagsilabasan na laban sa isang magnanakaw, na
may mga espada at pamalo upang dakpin ako?" **49** Nang
araw-araw ninyo akong kasama at nagtuturo sa templo,
hindi ninyo ako dinakip. Ngunit nangyari ang mga ito upang
matupad ang mga kasulatan. **50** Iniwanan si Jesus ng
lahat ng kasama niya at nagsitakas sila. **51** Sumunod sa
kaniya ang isang binatang nakasuot lamang ng isang linong
kasuotan na nakabalot sa kaniya; hinuli nila siya ngunit **52**
iniwan niya roon ang linong kasuotan at tinakasan niya sila
na nakahubad. **53** Dinala nila si Jesus sa mga pinakapunong
pari. Nagkatipun-tipon doon kasama niya ang lahat ng mga
punong pari, mga nakatatanda, at mga eskriba. **54** Ngayon
sumunod si Pedro sa kaniya mula sa malayo, hanggang sa
patyo ng pinakapunong pari. Naupo siya kasama ng mga
bantay na malapit sa apoy na nagpapainit. **55** Ngayon ang
mga punong pari at ang buong Konseho ay naghahanap
ng magpapatotoo laban kay Jesus upang maipapatay nila
siya. Ngunit wala silang mahanap. **56** Sapagkat marami ang
nagsabi ng maling patotoo laban sa kaniya, ngunit maging
ang kanilang patotoo ay hindi nagtugma. **57** Tumayo ang
ilan at nagsabi ng maling patotoo laban sa kaniya, sinabi
nila, **58** "Narinig namin siyang nagsabi, 'Wawasakin ko ang
templong ito na gawa ng mga kamay at sa tatlong araw muli
akong magtatayo ng isang hindi gawa ng mga kamay.'" **59**
Gayunpaman, hindi nagtugma maging ang kanilang mga
patotoo. **60** Tumayo sa kanila ang pinakapunong pari at
tinanong si Jesus, "Wala ka bang kasagutan? Ano itong
patotoo ng mga tao laban sa iyo?" **61** Ngunit tahimik siya at
walang isinagot. Tinanong siyang muli ng pinakapunong pari
at sinabi, "Ikaw ba ang Cristo, ang anak ng Pinagpala?"
**62** Sinabi ni Jesus, "Ako nga. At makikita ninyo ang Anak
ng Tao kapag nakaupo na siya sa bandang kanang kamay
ng Kapangyarihan at darating na nasa ulap sa langit." **63**
Pinunit ng pinakapunong pari ang kaniyang mga kasuotan at
sinabi, "Kailangan pa ba natin ng mga saksi? **64** Narinig
ninyo ang kalapastanganan na sinabi niya. Ano ang inyong
pasya?" At hinatulan siya nilang lahat bilang isang nararapat
sa kamatayan. **65** At sinimulan siyang duraan ng ilan at
tinakpan ang kaniyang mukha, hinampas siya at sinabi
sa kaniya, "Hulaan mo!" Kinuha siya ng mga opisyal at
binugbog siya. **66** Habang si Pedro ay nasa ibaba ng
patyo, isa sa mga babaing lingkod ng pinakapunong pari
ang pumunta sa kaniya. **67** Nakita niya si Pedro habang
nakatayo sa tapat ng apoy na nagpapainit at pinagmasdan
niya itong mabuti. Pagkatapos sinabi niya, "Kasama ka rin
ng taga-Nazaret na si Jesus." **68** Ngunit itinangggi niya ito at
sinabi, "Hindi ko nalalaman o naiintindihan man ang iyong
sinasabi." Pagkatapos lumabas siya sa patyo (at tumilaok
ang manok). **69** Ngunit nakita siya roon ng babaeng lingkod
at muling nagsimulang magsabi sa mga nakatayo roon,
"Ang taong ito ay isa sa kanila!" **70** Ngunit muli niya itong
itinanggi. Hindi nagtagal sinabi kay Pedro ng mga nakatayo
roon, "Siguradong isa ka sa kanila, sapagkat isa ka ring
taga-Galilea." **71** Ngunit nagsimula siyang manungayaw at
manumpa, "Hindi ko nakikilala ang lalaking sinasabi ninyo."
**72** Pagkatapos tumilaok ang tandang ng ikalawang beses. At
naalala ni Pedro ang mga salitang sinabi ni Jesus sa kaniya,
"Bago tumilaok ang tandang ng dalawang ulit, tatlong beses
mo akong itatanggi." At nanlumo siya at tumangis.

**15** Maagang-maaga pa nagtipon-tipon na ang mga punong
pari kasama ang mga nakatatanda at mga eskriba, at
ang buong Konseho ng Sanedrin. Pagkatapos ay iginapos
nila si Jesus at inilabas siya. Ipinasa nila siya kay Pilato.
**2** Tinanong siya ni Pilato, "Ikaw ba ang hari ng mga
Judio?" Sinagot niya siya, "Kung iyan ang sinasabi mo."
**3** Nagpalabas ang mga punong pari ng maraming mga
bintang laban kay Jesus. **4** Tinanong siya muli ni Pilato,
"Wala ka bang maibibigay na kasagutan? Nakikita mo ba
kung ilan ang mga inilalabas nilang mga bintang laban sa
iyo?" **5** Ngunit hindi na muling sinagot ni Jesus si Pilato, at
dahil doon, namangha siya. **6** Ngayon sa panahon ng pista,
kadalasang nagpapalaya si Pilato ng isang bilanggo, isang
bilanggong hiniling nila. **7** Doon, sa kulungan kasama sa mga
manghihimagsik, kabilang sa mga mamamatay tao na kasapi
sa rebelyon, ay isang lalaking nagngangalang Barabas. **8**
Pumunta ang maraming tao kay Pilato at nagsimula silang
humiling sa kaniya na gawin niya ang ginagawa niya noong
mga nakaraang panahon. **9** Sinagot sila ni Pilato at sinabi,
"Gusto ba niyong palayain ko sa inyo ang Hari ng mga
Judio?" **10** Dahil alam niyang dahil sa inggit ng mga punong
pari kay Jesus kung kaya siya ay ipinasa sa kaniya. **11**
Ngunit sinulsulan ng mga punong pari ang maraming tao
para isigaw na si Barabas ang dapat palayain. **12** Sinagot
silang muli ni Pilato at sinabing, "Ano ngayon ang gagawin
ko sa Hari ng mga Judio?" **13** Sumigaw silang muli, "Ipako
siya sa krus!" **14** Sinabi sa kanila ni Pilato, "Anong kasalanan
ang ginawa niya?" Ngunit mas lalo nilang isinigaw, "Ipako
siya sa krus." **15** Gusto ni Pilato na malugod ang mga tao
kaya pinalaya niya si Barabas sa kanila. Hinampas niya si
Jesus at ibinigay siya upang maipako sa krus. **16** Dinala siya
ng mga kawal sa loob ng patyo (ng kwartel), at tinawag nila
ang buong hukbo ng mga kawal. **17** Nilagyan nila si Jesus ng
balabal na kulay lila, at gumawa sila ng isang koronang gawa
sa tinik at ipinatong ito sa kaniyang ulo. **18** Nagsimula silang
saluduhan siya at sinabi, "Mabuhay, Hari ng mga Judio!" **19**
Hinampas nila ang kaniyang ulo ng tambo at dinuraan siya.
Nagluhod-luhuran silang nagpakita ng paggalang sa kaniya.
**20** Nang matapos nila siyang kutyain, tinanggal nila mula

sa kaniya ang balabal na kulay lila at inilagay sa kaniya ang kaniyang mga damit, at pagkatapos inilabas siya upang ipako sa krus. **21** Pinilit nilang tumulong ang isang taong dumaan na galing sa bukid na nagngangalang Simon na taga-Cirene (ang ama ni Alejandro at Rufo); pinilit nila siyang pasanin ang krus ni Jesus. **22** Dinala si Jesus ng mga kawal sa lugar na kung tawagin ay Golgotha (na ang ibig sabihin ay, Lugar ng Bungo). **23** Inalok nila siya ng alak na may halong mira, ngunit hindi niya ito ininom. **24** Ipinako nila siya at pinaghati-hatian ang kaniyang kasuotan sa pamamagitan ng pagsasapalaran upang malaman kung anong parte ng kasuotan ang makukuha ng bawat kawal. **25** Ikatlong oras na nang siya ay ipinako nila. **26** Sinulat nila sa isang karatula ang bintang laban sa kaniya, “Ang Hari ng mga Judio.” **27** Kasama niyang ipinako sa krus ang dalawang magnanakaw, isa sa kanan niya, at isa sa kaliwa. **28** (At naisakatuparan ang Kasulatan na nagsasabing: At siya ay ibinilang sa mga suwail.) **29** Ininsulto siya ng mga taong dumaraan, umiiling ang kanilang mga ulo at sinasabi, “Oy! Ikaw na wawasak sa templo at magtatayo muli nito sa loob ng tatlong araw, **30** iligtas mo ang iyong sarili at bumaba ka mula sa krus!” **31** Sa ganoong paraan din ay kinukutya siya ng mga punong pari, kasama ng mga eskriba, at sinabi, “Iniligtas niya ang iba, ngunit hindi niya mailigtas ang kaniyang sarili. **32** Hayaan nating bumaba mula sa krus ang Cristo, ang Hari ng Israel, nang makita natin at mapaniwala tayo.” Pati ang mga kasama niyang nakapako sa krus ay nilalait rin siya. **33** Sa ika-anim na oras, nagdilim ang buong lupain hanggang sa ika-siyam na oras. **34** Sa ika-siyam na oras, sumigaw si Jesus ng may malakas na boses, “Eloi, Eloi, lama sabachthani?” na ang ibig sabihin, “Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?” **35** Narinig iyon ng ilan sa mga nakatayo na malapit sa kaniya at sinabing, “Tignan ninyo, tinatawag niya si Elias.” **36** May isang tumakbo, naglagay ng maasim na alak sa espongha, inilagay ito sa isang tambong tungkod at ibinigay ito sa kaniya upang inumin. Sinabi ng lalaki, “Tingnan natin kung darating si Elias upang ibaba siya.” **37** Pagkatapos ay sumigaw si Jesus ng may malakas na boses at namatay. **38** Napunit sa dalawa ang kurtina ng templo mula itaas hanggang ibaba. **39** At nang makita ng senturion na nakatayo at nakaharap kay Jesus na namatay siya sa ganitong paraan, sinabi niya, “Tunay ngang siya ang Anak ng Diyos.” **40** Mayroon ding mga babaing nakatingin sa malayo. Kabilang sa kanila ay sina Maria Magdalena, Maria (ang ina ni Santiago na nakababata at ni Jose), at si Salome. **41** Nang siya ay nasa Galilea sumunod sila sa kaniya at pinaglingkuran siya. Marami ring mga kababaihan ang sumama sa kaniya sa Jerusalem. **42** Nang gumabi na, dahil ito ay araw ng Paghahanda, na ang araw bago ang Araw ng Pamamahinga, **43** pumunta si Jose na taga-Arimatea doon. Isa siya sa mga iginagalang na kasapi ng Konseho na naghihintay sa Kaharian ng Diyos. Naglakas-loob siyang pumunta kay Pilato upang hingin ang katawan ni Jesus. **44** Namangha si Pilato nang malaman niyang patay na si Jesus. Ipinatawag niya ang senturion upang tanungin kung patay na nga si Jesus. **45** Nang malaman niya mula sa senturion na patay na nga siya, ibinigay na niya ang katawan ni Jesus kay Jose. **46** Bumili si Jose ng linong tela. Ibinaba niya siya mula sa krus, ibinalot siya sa linong tela, at ihinimlay siya sa isang libingan na tinapyas mula sa bato. Pagkatapos ay iginulong niya ang isang malaking bato sa pasukan ng libingan. **47** Nakita nila Maria Magdalena at ni Maria na ina ni Jose ang lugar kung saan inilibing si Jesus.

**16** Nang matapos ang Araw ng Pamamahinga, si Maria Magdalena, si Mariang ina ni Santiago, at si Salome ay bumili ng pabango upang makapunta sila at mapahiran ang katawan ni Jesus para sa paglilibing. **2** Maagang-maaga sa unang araw ng linggo, nang sumikat ang araw pumunta sila sa libingan. **3** Sinabi nila sa isa't isa, “Sino ang magpapagulong ng bato ng pasukan ng libingan para sa atin?” **4** Nang tumingin sila sa itaas, nakita nila na mayroon ng nagpagulong ng bato na napakalaki. **5** Pumasok sila sa libingan at nakita nila ang isang binatang nakasuot ng puting balabal, nakaupo sa gawing kanan at namangha sila. **6** Sinabi niya sa kanila, “Huwag kayong matakot. Hinahanap ninyo si Jesus, ang taga-Nazaret na ipinako sa krus. Bumangon na siya! Wala siya rito. Tingnan ninyo kung saan siya inilagay. **7** Ngunit humayo kayo, sabihin ninyo sa kaniyang mga alagad at kay Pedro na mauuna siyang pupunta sa inyo sa Galilea. Doon makikita ninyo siya, gaya ng sinabi niya sa inyo.” **8** Lumabas sila at tumakbo mula sa libingan; natakot sila at namangha. Wala silang sinabi sa sinuman dahil matindi ang kanilang takot. **9** **(note: The most reliable and earliest manuscripts do not include Mark 16:9-20.)** Maaga sa unang araw ng linggong iyon, matapos siyang bumangon, una siyang nagpakita kay Maria Magdalena, na mula sa kaniya napalayas niya ang pitong demonyo. **10** Umalis si Maria Magdalena at sinabi sa mga kasama niya, habang nagluluksa sila at umiiyak. **11** Narinig nilang buhay si Jesus at nakita niya ito ngunit hindi sila naniwala. **12** Matapos ng mga pangyayaring ito, nagpakita siya sa kakaibang anyo sa dalawa pang tao, habang naglalakad sila palabas ng bayan. **13** Pumunta sila at nagbalita sa iba pang mga alagad ngunit hindi sila naniwala sa kanila. **14** Sa ibang pagkakataon, nagpakita si Jesus sa labing-isa habang nakasandal sila sa hapag, at sinaway sila dahil sa kanilang kawalan ng pananampalataya at katigasan ng puso, dahil hindi sila naniniwala sa mga nakakita sa kaniya matapos

siyang bumangon mula sa mga patay. 15 Sinabi niya sa
kanila, “Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ang
mabuting balita sa lahat ng nilikha. 16 Ang sumasampalataya
at mabautismuhan ay maliligtas at ang hindi naniniwala ay
hahatulan. 17 Ang mga palatandaang ito ay tataglayin ng mga
sumasampalataya. Sa aking pangalan sila ay magpapalayas
ng mga demonyo. Magsasalita sila sa mga bagong wika. 18
Pupulot sila ng mga ahas, at kung iinom sila ng anumang
nakamamatay ay hindi sila masasaktan nito. Magpapatong
sila ng kamay sa mga may sakit at gagaling sila.” 19 Matapos
magsalita sa kanila ang Panginoon, iniakyat siya patungo
sa langit at naupo sa kanang kamay ng Diyos. 20 Humayo
ang mga alagad at nangaral sa lahat ng dako, habang
ang Panginoon ay kumikilos kasama nila at pinatunayan
ang salita sa pamamagitan ng mga sumunod pang mga
kahanga-hangang palatandaan.

# Lucas

**1** Marami ang sumubok na ayusin ang salaysay tungkol
sa lahat ng bagay na naganap sa amin kalagitnaan,
**2** na gaya ng binigay nila sa amin, sila na sa simula pa
ay naging saksi at mga lingkod ng mensahe. **3** Sa akin
din naman, nang nasiyasat ko nang mabuti ang lahat
ng pangyayaring ito mula pa noong simula—sa tingin ko
ay mabuti na isulat ko ang mga ito ayon sa kanilang
pagkasunod-sunod—pinakatanyag na Teopilo. **4** Nang sa
gayon ay malaman mo ang katotohanan tungkol sa mga
bagay na itinuro sa iyo. **5** Sa mga araw ni Herodes, na
hari ng Judea, may isang pari na nagngangalang Zacarias
na nagmula sa pangkat ni Abias. Ang kaniyang asawa ay
nagmula sa mga babaeng anak ni Aaron, at ang kaniyang
pangalan ay Elisabet. **6** Kapwa sila matuwid sa harapan
ng Diyos; sila ay namuhay nang walang kapintasan sa
lahat ng mga utos at alituntunin ng Panginoon. **7** Ngunit
wala silang anak, sapagkat si Elisabet ay baog, at silang
dalawa ay matanda na sa panahong ito. **8** Ngayon ay
nangyari na si Zacarias ay nasa presensiya ng Diyos,
gumagawa ng mga tungkulin bilang pari sa kapanahunan
ng kaniyang pangkat. **9** Ayon sa nakaugaliang paraan ng
pagpili kung sinong pari ang maglilingkod, siya ay pinili sa
pamamagitan ng sapalaran upang makapasok sa templo ng
Panginoon at upang siya ay makapagsunog ng insenso.
**10** Napakaraming tao ang nananalangin sa labas sa oras
ng pagsusunog ng insenso. **11** Ngayon, isang anghel ng
Panginoon ay nagpakita sa kaniya at tumayo sa kanang
bahagi ng altar ng insenso. **12** Si Zacarias ay nasindak
nang makita niya ito, labis ang pagkatakot niya. **13** Ngunit
sinabi ng anghel sa kaniya “Huwag kang matakot Zacarias,
sapagkat ang iyong panalangin ay pinakinggan. Ipagbubuntis
ng asawa mong si Elisabet ang iyong anak na lalaki. Juan
ang ipapangalan mo sa kaniya. **14** Magkakaroon ka ng
kagalakan at saya, at marami ang matutuwa sa pagsilang sa
kaniya. **15** Sapagkat siya ay magiging dakila sa paningin
ng Panginoon. Hindi siya iinom ng alak o matapang na
inumin, at siya ay mapupuspos ng Banal na Espiritu mula
sa sinapupunan ng kaniyang ina. **16** At maraming tao sa
bayan ng Israel ang mapapanumbalik sa Panginoon na
kanilang Diyos. **17** Mauuna siya sa Panginoon, taglay ang
espiritu at kapangyarihan ni Elias. Gagawin niya ito upang
mapanumbalik ang puso ng mga ama sa mga anak, upang
ang mga hindi sumusunod ay mamuhay sa karunungan
ng mga matuwid. Gagawin niya ito upang ihanda para sa
Panginoon, ang mga taong inihanda na para sa kaniya.” **18**
Sinabi ni Zacarias sa anghel, “Paano ko malalaman ito?
Sapagkat ako ay matanda na at ang aking asawa ay may
pataw na ng maraming taon.” **19** Ang anghel ay sumagot at
sinabi sa kaniya, “Ako si Gabriel na nakatayo sa presensiya
ng Diyos. Ako ay inutusan upang makipag-usap sa iyo,
upang iparating sa iyo ang mabuting balita. **20** Masdan mo,
magiging pipi ka, hindi ka makapagsasalita hanggang sa
araw na maganap ang mga bagay na ito. Ito ay dahil sa
hindi ka naniwala sa aking mga salita na matutupad ito sa
tamang panahon.” **21** Ngayon ay inaantay ng mga tao si
Zacarias. Sila ay nagulat sapagkat siya ay labis na gumugol
ng panahon sa loob ng templo. **22** Ngunit nang siya ay
lumabas, hindi siya makapagsalita sa kanila. Naisip ng mga
tao na nagkaroon siya ng pangitain habang siya ay nasa
loob ng templo. Patuloy siyang gumagawa ng mga senyas
sa kanila at nanatiling hindi makapagsalita. **23** Dumating ang
panahon na natapos ang mga araw ng kaniyang paglilingkod,
umalis siya at bumalik sa kaniyang bahay. **24** Pagkatapos ng
mga araw na iyon, ang kaniyang asawang si Elisabet ay
nagbuntis. Siya ay nanatili sa kaniyang bahay sa loob ng
limang buwan. Sinabi niya, **25** “Ito ang ginawa ng Panginoon
sa akin nang tiningnan niya ako nang may biyaya upang
tanggalin ang aking kahihiyan sa harapan ng ibang tao.” **26**
Ngayon sa kaniyang ikaanim na buwan, ang anghel na si
Gabriel ay inutusan ng Diyos sa isang lungsod sa Galilea na
ang pangalan ay Nazaret, **27** sa isang birhen na nakatakdang
ikasal sa lalaking nagngangalang Jose. Siya ay kabilang sa
angkan ni David at ang pangalan ng birhen ay Maria. **28** Siya
ay lumapit sa kaniya at sinabi, “Binabati kita, ikaw ay lubos
na pinagpala! Ang Panginoon ay nasa iyo.” **29** Ngunit siya ay
lubhang naguluhan sa kaniyang sinabi at siya ay namangha
kung anong uri ng pagbati ito. **30** Sinabi ng anghel sa kaniya,
“Huwag kang matakot, Maria, dahil ikaw ay nakatanggap ng
biyaya sa Diyos.” **31** At makikita mo, ikaw ay magbubuntis sa
iyong sinapupunan at magsisilang ng isang anak na lalaki.
Tatawagin mo ang kaniyang pangalan na 'Jesus'. **32** Siya ay
magiging dakila at tatawaging Anak ng Kataas-taasan. Ang
Panginoong Diyos ang magbibigay sa kaniya ng trono ng
kaniyang ninunong si David. **33** Siya ay maghahari sa mga
angkan ni Jacob magpakailanman, at walang katapusan ang
kaniyang kaharian.” **(aiōn g165)** **34** Sinabi ni Maria sa anghel,
“Paano mangyayari ito, yamang hindi pa naman ako nakitabi
kasama ang sinumang lalaki?” **35** Sumagot ang anghel at
sinabi sa kaniya, “Ang Banal na Espirito ay darating sa iyo,
at ang kapangyarihan ng Kataas-taasan ay mapapasaiyo.
Kaya ang banal na isisilang, ay tatawaging Anak ng Diyos.
**36** At tingnan mo, ang iyong kamag-anak na si Elisabet ay
nagbuntis din ng isang anak na lalaki sa kaniyang katandaan.
Ito na ang kaniyang ikaanim na buwan, siya na tinawag na
baog. **37** Sapagkat walang hindi kayang gawin ang Diyos.”
**38** Sinabi ni Maria, “Tingnan mo, ako ay babaeng lingkod ng

Panginoon. Mangyari nawa sa akin ayon sa iyong mensahe."
At iniwan na siya ng anghel. 39 Pagkatapos, si Maria ay
gumayak noong mga araw na iyon at nagmadaling pumunta
sa maburol na bahagi ng lupain, sa isang lungsod sa Judea.
40 Siya ay pumunta sa bahay ni Zacarias at binati si Elisabet.
41 At nangyari nga nang marinig ni Elisabet ang pagbati ni
Maria, lumukso ang bata sa kaniyang sinapupunan at si
Elisabet ay napuspos ng Banal na Espiritu. 42 Ang kaniyang
tinig ay tumaas at nagsabi nang malakas, "Pinagpala ka
sa lahat ng mga babae at Pinagpala din ang bunga ng
iyong sinapupunan. 43 At bakit ito nangyari sa akin na ang
ina ng aking Panginoon ay kailangan pang pumunta sa
akin? 44 Sapagkat tingnan mo, nang marinig ko ang iyong
pagbati ay tumalon sa galak ang bata sa aking sinapupunan.
45 At pinagpala ang siyang nanampalataya na mayroong
katuparan ang mga bagay na ipinahayag sa kaniya mula
sa Panginoon." 46 Sinabi ni Maria, "Ang kaluluwa ko ay
nagpupuri sa Panginoon, 47 at ang aking espiritu ay nagalak
sa Diyos na aking tagapagligtas." 48 Sapagkat siya ay
tumingin sa kababaan ng kaniyang lingkod na babae. Kaya
tingnan mo, mula ngayon ang lahat ng salinlahi ay tatawagin
akong pinagpala. 49 Sapagkat siya na makapangyarihan ay
gumawa ng mga kahanga-hangang bagay para sa akin, at
ang kaniyang pangalan ay banal. 50 Ang kaniyang habag ay
walang katapusan mula sa lahat ng salinlahi para sa mga
nagpaparangal sa kaniya. 51 Nagpakita siya ng lakas ng
kaniyang mga bisig; ikinalat niya ang mga nagmamataas ng
nilalaman ng kanilang mga puso. 52 Pinabagsak niya ang
mga prinsipe mula sa kanilang mga trono at itinaas niya
ang mga may mababang kalagayan. 53 Binusog niya ng
mabubuting bagay ang mga nagugutom, ngunit ang mga
mayayaman ay pinaalis niyang gutom. 54 Nagkaloob siya
ng tulong sa Israel na kaniyang lingkod, na gaya ng pag-
alaala niya sa kaniyang pagpapakita ng habag 55 (na sinabi
niya sa ating mga ama) kay Abraham at sa kaniyang kaapu-
apuhan magpakailanman." (aiōn g165) 56 Nanatili si Maria
kina Elisabet sa loob ng mga tatlong buwan at pagkatapos
ay bumalik siya sa kaniyang bahay. 57 Ngayon ay dumating
ang panahon ng panganganak ni Elisabet at nagsilang siya
ng isang lalaki. 58 Narinig ng kaniyang mga kapitbahay
at mga kamag-anak na ang Panginoon ay nagpakita ng
dakilang habag para sa kaniya, at sila ay nagalak kasama
niya. 59 Ngayon ay nangyari sa ikawalong araw na tuliin nila
ang sanggol. Tatawagin sana nila siyang "Zacarias" mula sa
pangalan ng kaniyang ama, 60 ngunit sumagot ang kaniyang
ina at sinabi, "Hindi; siya ay tatawaging Juan." 61 Sinabi nila
sa kaniya, "Wala pa ni isa sa iyong angkan ang tinawag sa
ganyang pangalan." 62 Sumenyas sila sa kaniyang ama
kung ano ang gusto niyang ipangalan sa kaniya. 63 Humingi
ang kaniyang ama ng isang sulatan at nagsulat siya, "Ang
kaniyang pangalan ay Juan." Silang lahat ay namangha
dito. 64 Agad nabuksan ang kaniyang bibig at napalaya ang
kaniyang dila. Nagsalita at nagpuri sa Diyos. 65 Natakot ang
lahat ng nakatira malapit sa kanila. Lahat ng mga bagay na
ito ay kumalat sa lahat ng bahagi ng maburol na lupain ng
Judea. 66 At ito ay itinago ng lahat ng nakarinig sa kanilang
mga puso, na nagsasabi, "Ano kaya ang magiging kapalaran
ng batang ito?" Sapagkat ang kamay ng Panginoon ay nasa
kaniya. 67 Ang kaniyang amang si Zacarias ay napuspos ng
Banal na Espiritu at nagpahayag na nagsasabi, 68 "Purihin
ang Panginoon, ang Diyos ng Israel, sapagkat tumulong siya
at tinubos ang kaniyang mga tao. 69 Itinaas niya ang isang
sungay ng kaligtasan para sa atin sa bahay ng kaniyang
lingkod na si David, mula sa kaapu-apuhan ng kaniyang
lingkod na si David, 70 tulad ng sinabi niya sa pamamagitan
ng bibig ng kaniyang mga banal na propeta noong sinaunang
panahon. (aiōn g165) 71 Magdadala siya ng kaligtasan mula
sa ating mga kaaway at mula sa kamay ng lahat ng mga
galit sa atin. 72 Gagawin niya ito upang ipakita ang habag
sa ating mga ama at upang alalahanin ang kaniyang banal
na kasunduan, 73 ang pangako na kaniyang sinalita kay
Abraham na ating ama. 74 Siya ay nangako na kaniyang
tutuparin sa atin, upang tayo, bilang mga pinalaya mula sa
kamay ng lahat ng ating mga kaaway, ay makapaglingkod sa
kaniya nang walang takot, 75 sa kabanalan at katuwiran sa
kaniyang harapan sa lahat ng ating panahon. 76 Oo, at ikaw,
anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan, sapagkat
ikaw ay mauuna sa Panginoon upang ihanda ang kaniyang
mga daraanan, upang ihanda ang mga tao sa kaniyang
pagdating, 77 upang magbigay kaalaman ng kaligtasan sa
kaniyang mga tao sa pamamagitan ng kapatawaran ng
kanilang mga kasalanan. 78 Mangyayari ito dahil sa dakilang
habag ng ating Diyos, dahil dito ay dumarating sa atin ang
pagsikat ng araw mula sa itaas, 79 upang magliwanag sa
kanila na nakaupo sa kadiliman at sa anino ng kamatayan.
Gagawin niya ito upang gabayan ang ating mga paa sa
daan ng kapayapaan." 80 Ngayon ang bata ay lumaki at
naging malakas sa espiritu, at siya ay nasa ilang hanggang
sa kaniyang pagharap sa Israel.

**2** Ngayon sa mga araw na iyon, nangyari na si Cesar
Agustus ay naglabas ng isang batas na nag-uutos na
magkaroon ng sensus sa lahat ng tao na nabubuhay sa
mundo. 2 Ito ang unang sensus na ginawa habang si Cirenio
ang gobernador ng Syria. 3 Kaya pumunta ang bawat isa
sa kaniyang sariling bayan upang mailista para sa sensus.
4 Si Jose ay umalis din mula sa lungsod ng Nazaret sa
Galilea at naglakbay papunta sa Betlehem na bayan ng
Judea na kilala bilang lungsod ni David, dahil siya ay kaapu-

apuhan mula sa pamilya ni David. 5 Pumunta siya doon
upang magpalista kasama si Maria na nakatakdang ikasal sa
kaniya at kasalukuyang nagdadalang tao. 6 At nangyari nang
habang sila ay naroroon, dumating ang oras para ipanganak
niya ang kaniyang sanggol. 7 Siya ay nagsilang ng anak
na lalaki, ang kaniyang panganay na anak, at maayos niya
itong binalot ng pirasong tela. Pagkatapos ay inilagay niya
ito sa sabsaban dahil wala nang bakanteng silid para sa
kanila sa bahay-panuluyan. 8 Sa rehiyon ding iyon, may
mga pastol na naninirahan sa parang at nagbabantay sa
kanilang mga kawan ng tupa sa gabi. 9 Biglang lumitaw sa
kanila ang isang anghel ng Panginoon, at ang kaluwalhatian
ng Panginoon ay nagliwanag sa palibot nila at lubha silang
natakot. 10 Pagkatapos, sinabi ng anghel sa kanila, “Huwag
kayong matakot, sapagkat ako ay may dala sa inyong
mabuting balita na magbibigay ng lubos na kagalakan sa
lahat ng tao. 11 Ngayong araw, isang tagapagligtas ang
ipinanganak para sa inyo sa lungsod ni David! Siya si Cristo
ang Panginoon! 12 Ito ang palatandaan na maibibigay sa
inyo, matatagpuan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng
pirasong tela na nakahiga sa isang sabsaban.” 13 Kasama ng
anghel, biglang may malaking bilang ng hukbong makalangit
na nagpupuri sa Diyos, at sinasabi, 14 “Kaluwalhatian sa
Diyos sa kaitaasan, at nawa ay magkaroon ng kapayapaan
dito sa lupa sa mga tao na kaniyang kinalulugdan.” 15
At nangyari nang umalis ang mga anghel mula sa kanila
patungong langit, sinabi ng mga pastol sa bawat isa, “Tayo
na pumunta sa Betlehem, at tingnan ang bagay na ito na
nangyari na ipinaalam ng Panginoon sa atin”. 16 Sila ay
nagmadaling pumunta doon at natagpuan sina Maria at
Jose, at nakita ang sanggol na nakahiga sa sabsaban. 17
Pagkatapos nilang makita ito, ipinaalam nila sa mga tao
kung ano ang sinabi sa kanila tungkol sa batang ito. 18
Lahat ng nakarinig nito ay namangha sa sinabi sa kanila
ng mga pastol. 19 Ngunit laging iniisip ni Maria ang lahat
ng bagay na kaniyang narinig, iniingatan ang mga ito sa
kaniyang puso. 20 Bumalik ang mga pastol na niluluwalhati
at pinupuri ang Diyos sa lahat ng kanilang narinig at nakita,
tulad ng sinabi sa kanila. 21 Noong ikawalong araw at siyang
panahon para tuliin ang sanggol, pinangalanan nila siyang
Jesus, ang pangalan na ibinigay ng anghel bago pa siya
ipinagbuntis. 22 Nang lumipas ang nakatakdang bilang ng
mga araw ng kanilang seremonya ng paglilinis, alinsunod sa
kautusan ni Moises, dinala siya ni Jose at Maria sa templo
sa Jerusalem para iharap siya sa Panginoon. 23 Sapagkat
nasusulat sa kautusan ng Panginoon, “Ang bawat anak
na lalaki na nagbubukas sa sinapupunan ay tatawaging
nakatalaga sa Panginoon.” 24 Sila rin ay dumating upang
mag-alay ng handog na alinsunod sa sinabi sa kautusan ng
Panginoon, “dalawang kalapati o dalawang inakay na batu-
bato.” 25 Masdan ito, may isang lalaki sa Jerusalem na ang
pangalan ay Simeon. Ang taong ito ay matuwid at may taos
na pananalig. Siya ay naghihintay sa manga-aliw ng Israel,
at ang Banal na Espiritu ay nasa kaniya. 26 Ipinahayag
sa kaniya ng Banal na Espiritu na hindi siya mamamatay
bago niya makita ang Cristo ng Panginoon. 27 Isang araw,
siya ay pumunta sa templo sa pangunguna ng Banal na
Espiritu. Nang dinala ng mga magulang ang bata na si Jesus
upang gawin para sa kaniya ang nakaugaliang hinihingi ng
kautusan, 28 tinanggap siya ni Simeon sa kaniyang mga
bisig, at nagpuri sa Diyos at sinabi, 29 “Ngayon ay hayaan
mong pumanaw ang iyong lingkod nang may kapayapaan,
Panginoon, ayon sa iyong salita. 30 Sapagkat nakita ng
aking mga mata ang iyong pagliligtas 31 na iyong inihanda
sa paningin ng lahat ng tao. 32 Siya ay liwanag para sa
paghahayag sa mga Gentil at kaluwalhatian ng iyong mga
taong Israel.” 33 Ang ama at ina ng bata ay namangha sa
mga bagay na sinabi tungkol sa kaniya. 34 Pagkatapos ay
pinagpala sila ni Simeon at sinabi niya kay Maria na ina ng
bata, “Makinig kang mabuti! Ang batang ito ay nakatadhana
para sa pagbagsak at pagbangon ng maraming tao sa Israel
at para sa tanda na tututulan. 35 Gayundin, isang espada
ang tatagos sa iyong sariling kaluluwa, upang ang mga
iniisip ng maraming puso ay maihayag. 36 Naroon din ang
isang babaeng propeta na ang pangalan ay Ana. Siya ay
anak ni Fanuel na nagmula sa tribo ni Aser. Napakatanda na
niya. Siya ay namuhay kasama ng kaniyang asawa sa loob
ng pitong taon pagkatapos ng kaniyang pag-aasawa, 37 at
pagkatapos ay balo ng walumpu't apat na taon. Hindi siya
kailanman umalis sa templo at patuloy siyang sumasamba
sa Diyos sa pamamagitan ng pag-aayuno at pananalangin,
gabi at araw. 38 Sa oras ding iyon, lumapit siya sa kanila
at nagsimulang magpasalamat sa Diyos. Siya ay nagsalita
tungkol sa bata sa lahat ng naghihintay para sa katubusan ng
Jerusalem. 39 Nang matapos nila ang lahat ng dapat nilang
gawin na naaayon sa kautusan ng Panginoon, bumalik sila
sa Galilea, sa kanilang sariling bayan na Nazaret. 40 Ang
bata ay lumaki at naging malakas, lumalawak sa karunungan
at ang biyaya ng Diyos ay nasa kaniya. 41 Ang kaniyang
mga magulang ay pumupunta sa Jerusalem taon-taon
para sa Pista ng Paskwa. 42 Nang siya ay labindalawang
taong gulang, sila ay muling umakyat para sa nakaugaliang
panahon para sa pista. 43 Pagkatapos nilang manatili sa
buong bilang ng araw para sa pista, nagsimula na silang
umuwi. Ngunit ang batang Jesus ay nanatili sa Jerusalem at
ito ay hindi alam ng kaniyang mga magulang. 44 Inakala nila
na siya ay nasa pangkat na kasama nilang naglalakbay,
kaya sila ay nagpatuloy ng isang araw sa paglalakbay.

Pagkatapos ay nagsimula silang hanapin siya sa kanilang
mga kamag-anak at kaibigan. **45** Nang siya ay hindi nila
matagpuan, bumalik sila sa Jerusalem at sinimulang hanapin
siya roon. **46** At nangyari nga na makalipas ang tatlong
araw, natagpuan nila siya sa loob ng templo na nakaupo sa
gitna ng mga guro, nakikinig sa kanila at nagtatanong sa
kanila ng mga katanungan. **47** Lahat ng nakarinig sa kaniya
ay namangha sa kaniyang pang-unawa at sa kaniyang
mga kasagutan. **48** Nang siya ay nakita nila, nagulat sila.
Sinabi sa kaniya ng kaniyang ina, "Anak, bakit mo kami
pinakitunguhan ng ganito? Makinig ka, ako at ang iyong
ama ay nag-aalala na naghahanap sa iyo." **49** Sinabi niya sa
kanila, "Bakit ninyo ako hinahanap? Hindi ba ninyo alam
na ako ay dapat na narito sa bahay ng aking Ama?" **50**
Ngunit hindi nila naintindihan ang ibig niyang sabihin sa mga
salitang iyon. **51** Pagkatapos, siya ay sumama sa kanila
pabalik sa kanilang tahanan sa Nazaret at naging masunurin
sa kanila. Iningatan ng kaniyang ina ang lahat ng bagay na
ito sa kaniyang puso. **52** At si Jesus ay patuloy na lumaki
sa karunungan at pangangatawan at lalong kinalugdan ng
Diyos at ng mga tao.

**3** Ngayon, sa ika-labinlimang taon na paghahari ni Tiberio
Cesar, habang si Poncio Pilato ay gobernador sa Judea,
at si Herodes ang tetrarka sa Galilea, at ang kaniyang
kapatid na si Felipe ang tetrarka sa rehiyon ng Iturea at
Traconite, at si Lisanias ang tetrarka sa Abilinia, **2** at sa
panahon na sina Anas at Caifas ang pinakapunong pari,
dumating ang salita ng Diyos ay kay Juan na anak ni
Zacarias, sa ilang. **3** Siya ay naglakbay sa buong rehiyon sa
palibot ng ilog Jordan, nangangaral ng bautismo ng pagsisisi
para sa kapatawaran ng mga kasalanan. **4** Gaya ito ng
nasusulat sa libro ng mga salita ni propeta Isaias, "Ang
tinig ng isang sumisigaw sa ilang, 'Ihanda ang daraanan
ng Panginoon, gawing tuwid ang kaniyang landas. **5** Ang
bawat lambak ay mapupunan, ang bawat bundok at burol ay
gagawing patag, ang mga likong daan ay magiging tuwid, at
ang mga daang baku-bako ay gagawing maayos. **6** Ang
lahat ng tao ay makikita ang pagliligtas ng Diyos." **7** Kaya
sinabi ni Juan sa napakaraming bilang ng tao na dumarating
upang magpabautismo sa kaniya, "Kayo na mga anak ng
mga makamandag na ahas, sino ang nagbabala sa inyo
na tumakas sa poot na paparating?" **8** Mamunga kayo ng
karapat-dapat sa pagsisisi, at huwag ninyong simulan na
sabihin sa inyong mga sarili, 'Mayroon tayong Abraham
bilang ama natin,' dahil sinasabi ko sa inyo na ang Diyos ay
may kakayahang lumikha ng mga anak para kay Abraham
kahit pa mula sa mga batong ito. **9** Ang palakol ay nailagay
na sa ugat ng mga puno. Kaya ang bawat puno na hindi
namumunga nang mabuti ay puputulin at itatapon sa apoy."
**10** At ang maraming tao ay nagtanong sa kaniya, nagsasabi
"Ano ang dapat naming gawin?" **11** Siya ay sumagot at
sinabi sa kanila, "Kung ang isang tao ay may dalawang
tunika, dapat niyang ibigay ang isa sa sinumang wala nito at
sinuman ang may pagkain ay ganoon din ang dapat gawin."
**12** At may ilang mga maniningil ng buwis ang dumating
upang mabautismuhan, at sinabi nila sa kaniya, "Guro, ano
ang dapat naming gawin?" **13** Sinabi niya sa kanila, "Huwag
kayong maningil nang higit sa dapat ninyong sinisingil."
**14** May ilang mga kawal rin ang nagtanong sa kaniya,
nagsasabi, "At paano naman kami? Ano ang dapat naming
gawin?" Sinabi niya sa kanila. "Huwag kayong kumuha
ng salapi kanino man nang sapilitan, at huwag ninyong
paratangan ang sinuman ng hindi totoo. Masiyahan kayo sa
inyong mga sahod." **15** Ngayon, habang ang mga tao ay
sabik na naghihintay na dumating si Cristo, nagtataka ang
bawat isa sa kanilang mga puso kung si Juan mismo ang
Cristo. **16** Sinagot sila ni Juan na nagsabi sa kanilang lahat,
"Para sa akin, binabautismuhan ko kayo ng tubig, ngunit may
isang paparating na mas higit na makapangyarihan kaysa sa
akin, at hindi ako karapat-dapat na magkalag man lang ng
tali ng kaniyang mgapnyapaks. Siya ang magbabautismo
sa inyo ng Banal na Espiritu at ng apoy. **17** Ang kaniyang
kalaykay ay hawak niya sa kaniyang kamay upang linisin
nang mabuti ang kaniyang giikan at upang tipunin ang trigo
sa kaniyang kamalig. Ngunit susunugin niya ang dayami sa
apoy na hindi mamamatay kailanman." **18** Sa pamamagitan
ng iba pang madaming panghihikayat, ipinangaral niya ang
magandang balita sa mga tao. **19** Sinaway din ni Juan si
Herodes na tetrarka, dahil pinakasalan niya ang asawa ng
kaniyang kapatid na lalaki, na si Herodias, at sa lahat ng iba
pang kasamaan na ginawa ni Herodes. **20** Ngunit gumawa
pa ng napakasamang bagay si Herodes. Ipinakulong niya sa
bilangguan si Juan. **21** At nangyari ngang habang ang lahat
ng tao ay binabautismuhan, si Jesus ay nabautismuhan din.
Habang siya ay nananalangin, ang kalangitan ay bumukas.
**22** Ang Banal na Espiritu ay bumaba sa kaniya na may anyo
na gaya ng kalapati, habang may isang tinig ang nanggaling
sa langit, "Ikaw ang aking minamahal na Anak. Lubos akong
nalulugod sa Iyo." **23** Ngayon si Jesus mismo, nang siya ay
nagsimulang magturo, ay nasa edad na tatlumpung taon.
Siya ang anak na lalaki (ayon sa pagpapalagay ng mga tao)
ni Jose na anak ni Eli **24** na anak ni Matat na anak ni Levi
na anak ni Melqui na anak ni Janai na anak ni Jose **25** na
anak ni Matatias na anak ni Amos na anak ni Nahum na
anak ni Esli na anak ni Nagai **26** na anak ni Maat na anak ni
Matatias na anak ni Semei na anak ni Josec na anak ni Joda
**27** na anak ni Joanan na anak ni Resa na anak ni Zerubabel
na anak ni Salatiel na anak ni Neri **28** na anak ni Melqui

na anak ni Adi na anak ni Cosam na anak ni Elmadam na
anak ni Er 29 na anak ni Josue na anak ni Eliezer na anak
ni Jorim na anak ni Matat na anak ni Levi 30 na anak ni
Simeon na anak ni Juda na anak ni Jose na anak ni Jonam
na anak ni Eliaquim 31 na anak ni Melea na anak ni Menna
na anak ni Matata na anak ni Natan na anak ni David 32 na
anak ni Jesse na anak ni Obed na anak ni Boaz, na anak ni
Salmon na anak ni Naason 33 na anak ni Aminadab na anak
ni Admin na anak ni Arni na anak ni Esrom na anak ni Farez
na anak ni Juda 34 na anak ni Jacob na anak ni Isaac na
anak ni Abraham na anak ni Terah na anak ni Nahor 35 na
anak ni Serug na anak ni Reu na anak ni Peleg na anak
ni Eber na anak ni Sala, 36 na anak ni Cainan na anak ni
Arfaxad na anak ni Shem na anak ni Noe na anak ni Lamec
na anak ni Metusalem na anak ni Enoc 37 na anak ni Jared
na anak ni Mahalaleel na anak ni Kenan 38 na anak ni Enos
na anak ni Set na anak ni Adan na anak ng Diyos.

**4** Nang si Jesus ay na puspos ng Banal na Espiritu, bumalik
siya mula sa ilog Jordan at pinangunahan ng Espiritu
sa ilang 2 sa loob ng apatnapung araw at siya ay tinukso
ng diyablo. Sa mga araw na iyon, hindi siya kumain ng
anuman at sa huling mga araw siya ay nagutom. 3 Sinabi ng
diyablo sa kaniya, “Kung ikaw ang Anak ng Diyos, utusan
mo ang batong ito na maging tinapay.” 4 Sinagot siya ni
Jesus, “Nasusulat, 'Hindi lang sa tinapay nabubuhay ang
tao.'” 5 At dinala siya ng diyablo sa mataas na lugar, at
ipinakita sa kaniya ang lahat ng mga kaharian ng mundo
nang ilang sandali. 6 Sinabi ng diyablo sa kaniya, “Bibigyan
kita ng kapangyarihang mamuno sa lahat ng mga kahariang
ito, pati na ang kanilang kadakilaan. Kaya kong gawin ito
dahil ibinigay ang mga ito sa akin upang pamunuan, at
maaari ko itong ibigay sa sinumang gustuhin ko. 7 Kaya
kung ikaw ay yuyuko at sasamba sa akin, ang lahat ng ito
ay mapapasaiyo.” 8 Ngunit sumagot si Jesus at sinabi sa
kaniya, “Nasusulat, 'Dapat mong sambahin ang Panginoon
mong Diyos, at siya lang ang dapat mong paglingkuran.'”
9 Pagkatapos dinala ng diyablo si Jesus sa Jerusalem at
inilagay siya sa pinakamataas na bahagi ng templo, at sinabi
sa kaniya, “Kung ikaw ang Anak ng Diyos, magpatihulog
ka mula dito, 10 Sapagkat nasusulat, 'Uutusan niya ang
kaniyang mga anghel upang alagaan ka at ingatan ka,' 11
at, 'Iaangat ka nila sa kanilang mga kamay, upang hindi
tumama ang iyong paa sa bato '.” 12 Sumagot si Jesus na
sinabi sa kaniya, “Nasasabi, 'Hindi mo dapat subukin ang
Panginoon mong Diyos.'” 13 Nang matapos tuksuhin ng
diyablo si Jesus, umalis siya at iniwanan siya hanggang
sa ibang pagkakataon. 14 Pagkatapos, bumalik si Jesus
sa Galilea as kapangyarihan ng Espiritu, at kumalat ang
balita tungkol sa kaniya sa buong paligid ng rehiyon. 15
Nagturo siya sa kanilang mga sinagoga, at ang bawat isa
ay nagpuri sa kaniya. 16 Isang araw, siya ay pumunta
sa Nazaret, ang lungsod na kung saan siya pinalaki. Sa
kaniyang nakagawian, pumasok siya sa sinagoga sa Araw
ng Pamamahinga, at tumayo upang basahin ang kasulatan.
17 Ang balumbon ni propeta Isaias ay iniabot sa kaniya, kaya
binuksan niya ang balumbon at nakita ang bahagi kung saan
nakasulat, 18 “Ang Espiritu ng Panginoon ay nasa akin, dahil
itinalaga niya ako upang ipangaral ang magandang balita
sa mga mahihirap. Isinugo niya ako upang ipahayag ang
kalayaan sa mga bihag, at manumbalik ang paningin ng
mga bulag, upang palayain ang mga inaapi, 19 ipahayag
ang pinagpalang panahon ng Panginoon.” 20 Pagkatapos
ay inirolyo niya ang kasulatang binalumbon, ibinalik sa
tagapangasiwa ng sinagoga, at umupo. Ang mga mata ng
lahat ng tao sa sinagoga ay nakatuon sa kaniya. 21 Siya ay
nagsimulang magsalita sa kanila, “Ngayon itong kasulatan
ay natupad sa inyong pandinig.” 22 Bawat isa sa kanila
ay nasaksihan ang lahat ng kaniyang mga sinabi at lahat
sila ay namangha sa mga mapagpalang salitang lumalabas
sa kaniyang bibig. Sinasabi nila, “Ito ay anak lamang ni
Jose, hindi ba?” 23 Sinabi ni Jesus sa kanila, “Tinitiyak kong
sasabihin ninyo ang kawikaang ito sa akin, 'Manggagamot,
gamutin mo ang iyong sarili. Anuman ang aming narinig
na ginawa mo sa Capernaum, gawin mo din dito sa iyong
bayang kinalakihan.'” 24 Sinabi din niya, “Tapat kong sinasabi
sa inyo, walang propeta ang tinanggap sa sarili niyang
bayan. 25 Ngunit sinasabi ko sa inyo ang katotohanan na
maraming mga balo sa Israel sa panahon ni Elias, noong
sumara ang kalangitan na walang ulan sa loob ng tatlo
at kalahating mga taon, noong nagkaroon ng matinding
taggutom sa lahat ng kalupaan. 26 Ngunit hindi ipinadala
si Elias sa kahit sinuman sa kanila, ngunit sa isang balo
lamang na naninirahan sa Sarepta na malapit sa lungsod ng
Sidon. 27 Mayroon ding maraming mga ketongin sa Israel
sa panahon ni propeta Eliseo, ngunit wala sa kanila ang
gumaling maliban kay Naaman na taga-Siria.” 28 Lahat ng
tao sa sinagoga ay napuno ng matinding galit nang marinig
nila ang mga bagay na ito. 29 Tumayo sila at ipinagtabuyan
siya paalis ng lungsod, at dinala siya sa gilid ng burol kung
saan itinayo ang kanilang lungsod, upang siya ay maari
nilang ihulog sa bangin. 30 Ngunit siya ay lumakad palusot
sa kanilang kalagitnaan at siya ay umalis. 31 At siya ay
bumaba patungong Capernaum, isang lungsod ng Galilea.
Sa isang Araw ng Pamamahinga siya ay nagturo sa mga tao
sa sinagoga. 32 Sila ay namangha sa kaniyang itinuturo,
dahil nagsalita siya nang may kapangyarihan. 33 Ngayon, sa
sinagoga sa araw na iyon may isang tao na may espiritu ng
maruming demonyo, at siya ay sumigaw nang may malakas

na tinig, 34 “Ano ang nais mong gawin sa amin, Jesus na
taga-Nazaret? Ikaw ba ay pumarito para kami ay puksain?
Alam ko kung sino ka! Ikaw ang Banal ng Diyos!” 35 Sinaway
ni Jesus ang demonyo, na nagsasabi, “Manahimik ka at
lumabas ka sa kaniya!” Nang naihagis ng demonyo ang
lalaki sa kalagitnaan nila, siya ay lumabas mula sa kaniya
na walang nangyaring masama sa lalaki. 36 Lahat ng tao
ay lubhang namangha, at sila ay patuloy na nag-uusap
sa isa't isa sa nangyari. Sinabi nila, “Anong uri ang mga
salitang ito? Inutusan niya ang mga maruruming espiritu na
may kakayahan at kapangyarihan at sila ay lumabas.” 37
Kaya nagsimulang kumalat ang balita tungkol sa kaniya sa
bawat bahagi ng nakapaligid na rehiyon. 38 Pagkatapos,
umalis si Jesus sa sinagoga at pumunta sa bahay ni Simon.
Ngayon, ang biyenan ni Simon ay nahihirapan dahil sa
mataas na lagnat, at sila ay nakiusap para sa kaniya. 39
Kaya tumayo siya malapit sa kaniya at sinaway ang kaniyang
lagnat, at umalis ito. Agad siyang tumayo at nagsimulang
maglingkod sa kanila. 40 Nang palubog na ang araw, dinala
ng mga tao kay Jesus ang bawat may sakit at may iba't
ibang karamdaman. Ipinatong niya ang kaniyang kamay
sa bawat isa sa kanila at sila ay gumaling. 41 May mga
demonyo din na lumabas mula sa kanila, sumusigaw at
nagsasabi, “Ikaw ang Anak ng Diyos!” Sinaway ni Jesus ang
mga demonyo at hindi niya sila pinayagang magsalita, dahil
alam nila na siya ang Cristo. 42 Nang dumating ang dapit-
umaga, pumunta siya sa isang tahimik na lugar. Maraming
mga tao ang naghahanap sa kaniya at pumunta kung saang
lugar siya naroon. Sinubukan nila na pigilan siya sa pag-
alis sa kanila. 43 Ngunit sinabi niya sa kanila, “Dapat ko
ring ipangaral ang magandang balita tungkol sa kaharian
ng Diyos sa marami pang lungsod, dahil ito ang dahilan
kung bakit ako ipinadala dito.” 44 At siya ay nagpatuloy na
nangaral sa mga sinagoga sa buong Judea.

5 Ngayon nangyari na habang nagsisiksikan ang maraming
tao sa palibot ni Jesus at nakikinig sila sa salita ng
Diyos, si Jesus ay nakatayo sa tabi ng lawa ng Genesaret.
2 Nakakita siya ng dalawang bangka na nakapagilid sa
pampang ng lawa. Nakababa na ang mga mangingisda mula
dito at naglilinis sila ng kanilang mga lambat. 3 Sumakay si
Jesus sa isa sa mga bangka, na pagmamay-ari ni Simon
at hiniling niya sa kaniya na dalhin niya ito sa tubig na
hindi kalayuan sa dalampasigan. Pagkatapos ay umupo
siya at nagturo sa mga tao habang nasa bangka. 4 Nang
matapos na siyang magsalita, sinabi niya kay Simon, “Dalhin
mo ang bangka sa mas malalim na tubig at ibaba ang
inyong mga lambat para manghuli”. 5 Sumagot si Simon
at sinabi, “Panginoon, magdamag kaming nangisda ngunit
wala kaming nahuli, ngunit sa iyong salita, ibababa ko
ang mga lambat.” 6 Nang ginawa nila ito, nakahuli sila ng
napakaraming bilang ng isda, at ang kanilang mga lambat
ay nagsimulang mapunit. 7 Kaya't kumaway sila kanilang
kasamahan sa kabilang bangka upang puntahan at tulungan
sila. Dumating sila at napuno ang dalawang bangka, kaya't
sila ay nagsimulang lumubog. 8 Ngunit nang makita ito
ni Simon Pedro, siya ay lumuhod sa paanan ni Jesus, na
nagsasabi, “Lumayo ka sa akin, Panginoon, sapagkat ako
ay taong makasalanan.” 9 Sapagkat siya ay namangha at
ang lahat din na kaniyang mga kasama, sa dami ng isdang
kanilang nahuli. 10 Kasama dito sina Santiago at Juan na
mga anak ni Zebedeo, na mga kasama ni Simon. At sinabi
ni Jesus kay Simon, “Huwag kang matakot, sapagkat mula
ngayon, mangingisda ka na ng tao.” 11 Nang madala nila sa
dalampasigan ang kanilang mga bangka, iniwan nila ang
lahat at sumunod sa kaniya. 12 At nangyari nga na habang
siya ay nasa isa sa mga lungsod, isang taong puno ng ketong
ang naroon. Nang makita niya si Jesus, siya ay nagpatirapa
at nagmakaawa sa kaniya, na nagsabi, “Panginoon, kung
iyong nanaisin, ako ay maaari mong linisin.” 13 Pagkatapos,
inabot ni Jesus ang kaniyang kamay at hinawakan siya, na
sinasabi, “Nais ko. Maging malinis ka.” At agad nawala ang
kaniyang ketong. 14 Siya ay pinagbilinan niya na huwag
ipagsabi kahit kanino, sa halip, sinabi sa kaniya, “Pumunta
ka sa iyong pupuntahan, at magpakita ka sa mga pari at
mag-alay ka ng handog para sa iyong ikalilinis, batay sa
mga kautusan ni Moises, bilang pagpapatotoo sa kanila.” 15
Ngunit ang balita tungkol sa kaniya ay lalong kumalat, at
maraming mga tao ang dumating upang pakinggan siyang
magturo at upang mapagaling sa kanilang mga sakit. 16
Ngunit siya ay madalas pumunta sa mga lugar na ilang at
nanalangin. 17 At nangyari nga sa isa sa mga araw na iyon
na siya ay nagtuturo, at mayroong mga Pariseo at mga
tagapagturo ng kautusan ang nakaupo roon na nagmula pa
sa mga iba't-ibang lugar sa mga rehiyon ng Galilea at Judea,
at mula rin sa lungsod ng Jerusalem. Ang kapangyarihan
ng Panginoon ay nasa kaniya upang magpagaling. 18
Ngayon ay may mga lalaking dumating, binubuhat ang
isang paralitikong lalaki na nakalagay sa higaan, at sila ay
naghanap ng paraan upang maipasok siya at mailagay sa
harapan ni Jesus. 19 Hindi sila makahanap ng paraan upang
siya ay maipasok dahil sa dami ng tao, kaya sila ay umakyat
sa bubungan ng bahay at ibinaba nila ang lalaking nasa
higaan sa kalagitnaan ng mga tao, sa mismong harapan ni
Jesus. 20 Pagkakita niya sa kanilang pananampalataya,
sinabi ni Jesus, “Lalaki, pinatawad ka na sa iyong mga
kasalanan.” 21 Ang mga eskriba at ang mga Pariseo ay
nagsimulang magtanong tungkol dito, na sinasabi, “Sino
itong nagsasalita ng kalapastanganan sa Diyos?” Sino ang

nagpapatawad ng kasalanan, hindi ba't ang Diyos lamang?"
22 Ngunit si Jesus, na nalalaman ang kanilang mga iniisip,
sumagot at sinabi sa kanila, "Bakit ninyo ito inuusisa sa
inyong mga puso? 23 Alin ang mas madaling sabihin,
'Napatawad ka na ng iyong mga kasalanan' o ang sabihing
'Tumayo ka at maglakad?' 24 Ngunit upang malaman ninyo
na ang Anak ng Tao ay may kapangyarihan sa mundo
upang magpatawad ng mga kasalanan, sinasabi ko sa iyo,
'Tumayo ka, buhatin mo ang iyong higaan at pumunta ka sa
iyong bahay.'" 25 Agad siyang tumayo sa kanilang harapan
at binuhat ang kaniyang higaan; pagkatapos ay bumalik
siya sa kaniyang bahay, na niluluwalhati ang Diyos. 26 Ang
lahat ay namangha at niluwalhati nila ang Diyos. Sila ay
napuno ng takot na sinasabi, "Nakakita tayo ng mga hindi
pangkaraniwang bagay sa araw na ito." 27 Pagkatapos
mangyari ang mga bagay na ito, si Jesus ay umalis doon at
nakita ang isang maniningil ng buwis na nagngangalang
Levi, na nakaupo sa lugar kung saan siya nangongolekta ng
buwis. Sinabi niya sa kaniya, "Sumunod ka sa akin." 28 Kaya't
iniwan ni Levi ang lahat, tumayo, at sumunod sa kaniya.
29 Pagkatapos ay naghanda si Levi sa kaniyang bahay
ng malaking handaan para kay Jesus, at maraming mga
maniningil ng buwis ang nandoon, at iba pang mga taong
nakasandal sa mesa ang kumakain kasama nila. 30 Ngunit
ang mga Pariseo at kanilang mga eskriba ay nagreklamo sa
kaniyang mga alagad, na nagsasabi, "Bakit kayo kumakain
at umiinom kasama ang mga naniningil ng buwis at iba
pang mga taong makasalanan?" 31 Sumagot si Jesus sa
kanila, "Ang mga taong malulusog ay hindi nangangailangan
ng manggagamot, ang mga taong may sakit lamang ang
nangangailangan nito. 32 Hindi ako dumating upang tawagin
sa pagsisisi ang mga taong matuwid, kundi tawagin sa
pagsisisi ang mga taong makasalanan." 33 Sinabi nila sa
kaniya, "Ang mga alagad ni Juan ay madalas nag-aayuno at
nananalangin, gayundin ang mga alagad ng mga Pariseo.
Ngunit ang iyong mga alagad ay kumakain at umiinom."
34 Sinabi ni Jesus sa kanila, "Mayroon bang mag-uutos sa
mga panauhin ng kasal na mag-ayuno habang kapiling pa
nila ang lalaking ikakasal? 35 Subalit darating ang mga
araw na aalisin mula sa kanila ang lalaking ikakasal, at sa
mga araw na iyon sila ay mag-aayuno." 36 Pagkatapos
ay nagbahagi din si Jesus ng isang talinghaga sa kanila,
"Walang tao ang gugupit ng kapirasong tela mula sa bagong
damit upang tagpiin ang lumang damit. Kung ganyan ang
gagawin niya, mapupunit niya ang bagong damit, at ang
kapirasong tela mula sa bagong damit ay hindi babagay
sa tela ng lumang damit. 37 Gayundin naman, walang tao
ang naglalagay ng bagong alak sa lumang sisidlang balat.
Kapag ginawa niya ito, puputukin ng bagong alak ang mga
sisidlang balat, at matatapon ang mga alak, at ang mga
sisidlan ay masisira. 38 Ngunit ang mga bagong alak ay
marapat na ilagay sa bagong sisidlang balat. 39 Walang tao
na pagkatapos uminom ng lumang alak, ay maghahangad
na uminom ng bagong alak, dahil sasabihin niya, 'Ang luma
ay mas mabuti.'"

**6** Ngayon ay nangyari na sa Araw ng Pamamahinga,
si Jesus ay naglalakad sa triguhan at ang kaniyang
mga alagad ay nangunguha ng mga uhay, ang mga ito ay
kinikiskis sa kanilang mga palad at kinakain ang mga butil. 2
Ngunit sinabi ng ibang mga Pariseo, "Bakit kayo gumagawa
ng isang bagay na labag sa kautusan na gawin sa Araw ng
Pamamahinga?" 3 Sumagot si Jesus sa kanila na sinabi,
"Hindi man lamang ba ninyo nabasa ang tungkol sa ginawa
ni David nang siya ay magutom, siya at ang kaniyang mga
kasamang kalalakihan? 4 Pumasok siya sa bahay ng Diyos,
at kinuha ang tinapay na handog at kumain ng ilan sa mga
ito, at ibinigay din ang ilan sa kaniyang mga kasamang
kalalakihan para kainin, kahit na ayon sa batas mga pari
lamang ang pwedeng kumain." 5 Pagkatapos ay sinabi niya
sa kanila, "Ang Anak ng Tao ay Panginoon ng Araw ng
Pamamahinga." 6 Nangyari sa ibang Araw ng Pamamahinga
na siya ay pumunta sa sinagoga at nagturo sa mga tao doon.
Isang tao ang naroon na tuyot ang kanang kamay. 7 Ang
mga eskriba at mga Pariseo ay nagmamanman sa kaniya
upang makita kung si Jesus ay magpapagaling sa Araw
ng Pamamahinga, upang sila ay makahanap ng dahilan
upang siya ay paratangan na gumagawa ng masama. 8
Ngunit alam niya kung ano ang kanilang iniisip at sinabi niya
sa tao na may tuyot na kamay, "Tumayo ka, at pumunta
ka dito sa gitna ng lahat." Kung kaya't ang tao ay tumayo
at pumaroon. 9 Sinabi ni Jesus sa kanila, "Itinatanong
ko sa inyo, naaayon ba sa batas ang gumawa ng mabuti
o gumawa ng masama sa Araw ng Pamamahinga, ang
magligtas ng buhay o sirain ito?" 10 Pagkatapos ay tumingin
siya sa kanilang lahat at sinabi sa lalaki, "Iunat mo ang
iyong kamay." Ginawa nga niya at ang kaniyang kamay ay
nanumbalik sa dati. 11 Ngunit sila ay napuno ng galit, at
sila ay nag-usap-usap kung ano ang maari nilang gawin
kay Jesus. 12 Nangyari sa mga araw na iyon na siya ay
pumunta sa bundok upang manalangin. Siya ay patuloy na
nanalangin sa Diyos ng buong gabi. 13 Kinaumagahan,
tinawag niya ang kaniyang mga alagad at pumili siya sa
kanila ng labindalawa, na tinawag din niyang "mga apostol."
14 Ang pangalan ng mga apostol ay sina Simon (na kaniya
ring pinangalanang Pedro) at ang kaniyang kapatid na
si Andres, Santiago, Juan, Felipe, Bartolome, 15 Mateo,
Tomas, Santiago na anak ni Alfeo, Simon na tinawag na
Masigasig, 16 Judas na anak ni Santiago at Judas Iscariote

na siyang naging taksil. 17 Pagkatapos, si Jesus ay bumaba
mula sa bundok kasama sila at tumayo sa patag na lugar.
Naroon ang napakaraming bilang ng kaniyang mga alagad,
ganoon din ang malaking bilang ng tao na mula sa Judea at
Jerusalem at mula sa dalampasigan ng Tiro at Sidon. 18 Sila
ay dumating upang makinig sa kaniya at para gumaling sa
kanilang mga karamdaman. Ang mga taong binabagabag
ng mga maruming espiritu ay pinagaling din. 19 Ang lahat
ng napakaraming tao ay sinusubakan siyang hipuin dahil
ang kapangyarihang magpagaling ay lumalabas mula sa
kaniya, at pinagaling niya silang lahat. 20 Pagkatapos ay
tumingin siya sa kaniyang mga alagad at sinabi, “Pinagpala
kayong mga mahihirap sapagkat sa inyo ang kaharian ng
Diyos. 21 Pinagpala kayo na nagugutom ngayon, sapagkat
kayo ay mapupuno. Pinagpala kayo na tumatangis ngayon
sapagkat kayo ay tatawa. 22 Pinagpala kayo kung kayo ay
kinamumuhian ng mga tao at kung kayo ay ihinihiwalay at
itinuturing ang inyong pangalan na masama alang-alang sa
Anak ng Tao. 23 Magalak sa araw na iyon at tumalon sa
galak sapagkat tiyak na kayo ay may dakilang gantimpala sa
langit, sapagkat ang kanilang mga ninuno ay pinakitunguhan
ang mga propeta sa ganoon ding paraan. 24 Ngunit aba kayo
na mayayaman! Sapagkat natanggap na ninyo ang inyong
ginhawa. 25 Aba kayo na busog ngayon! Sapagkat kayo ay
magugutom. Aba kayo na tumatawa ngayon! Sapagkat kayo
ay magdadalamhati at tatangis. 26 Aba kayo kung ang lahat
ng tao ay nagsasabi ng mabuti tungkol sa inyo! Sapagkat
pinakisamahan ng kanilang mga ninuno ang mga bulaang
propeta sa ganoon ding paraan. 27 Ngunit sinasabi ko sa
inyo na nakikinig, mahalin ninyo ang inyong mga kaaway
at gumawa kayo ng mabuti sa mga namumuhi sa inyo. 28
Pagpalain ninyo ang mga sumusumpa sa inyo at ipanalangin
ang mga umaapi sa inyo. 29 Sa sumasampal sa iyong pisngi,
ialok mo rin sa kaniya ang kabila. Kung may kumuha ng
iyong panlabas na damit, huwag mong ipagkait pati na ang
iyong panloob na tunika. 30 Magbigay sa lahat ng humihingi
sa iyo. Kung may kumuha ng isang bagay na pag-aari
mo, huwag mong hingiin sa kaniya na ibalik ito sa iyo. 31
Kung anuman ang nais ninyong gawin ng mga tao sa inyo,
ganoon din ang dapat ninyong gawin sa kanila. 32 Kung ang
minamahal lamang ninyo ay ang mga taong nagmamahal sa
inyo, anong kapurihan iyon sa inyo? Sapagkat kahit ang
mga makasalan ay minamahal din ang mga nagmamahal sa
kanila. 33 Kung sa mga taong gumawa sa inyo ng mabuti
lamang kayo gumagawa ng mabuti, anong kapurihan iyon sa
inyo? Sapagkat kahit ang mga makasalanan ay ganoon din
ang ginagawa. 34 Kung ang inyong pinapahiraman lamang
ay ang mga tao na inaasahan ninyong magbibigay ng mga
ito pabalik sa inyo, anong kapurihan iyon sa inyo? Kahit ang
mga makasalanan ay nagpapahiram sa mga makasalanan
at umaasang iyon ding halaga ang muling matatanggap.
35 Ngunit mahalin ninyo ang inyong kaaway at gawin ang
mabuti sa kanila. Pahiramin ninyo sila na hindi kailanman
nag-aalala kung may babalik pa sa inyo at ang inyong
gantimpala ay magiging dakila. Kayo ay magiging mga anak
ng Kataas-taasan, sapagkat siya mismo ay mabuti sa mga
taong hindi marunong magpasalamat at masasama. 36
Maging maawain, gaya ng inyong Ama na maawain. 37
Huwag humatol at hindi kayo hahatulan. Huwag magparusa
at hindi kayo parurusahan. Patawarin ninyo ang iba at kayo
ay patatawarin. 38 Magbigay sa iba at ito ay maibibigay sa
inyo. Labis-labis na halaga—siksik, liglig at umaapaw—ang
ibubuhos sa inyong kandungan. Sapagkat kung anumang
batayan ng panukat ang inyong ginamit sa pagsukat, iyon
din ang gagamiting batayan ng panukat para sa iyo.” 39 At
sinabi rin niya sa kanila ang isang talinghaga. “Maaari bang
gabayan ng isang bulag ang kapwa bulag? Kung gagawin
niya ito, kapwa sila mahuhulog sa hukay, hindi ba? 40 Ang
isang alagad ay hindi higit kaysa sa kaniyang guro, ngunit
ang bawat isa na ganap na sinanay ay magiging kagaya
ng kaniyang guro. 41 At bakit mo tinitingnan ang maliit na
piraso ng dayami sa mata ng iyong kapatid ngunit hindi mo
napapansin ang troso sa iyong sariling mata? 42 Paano mo
masasabi sa iyong kapatid, 'Kapatid, hayaan mong tanggalin
ko ang maliit na dayami na nasa iyong mata,' kung ikaw
mismo ay hindi nakikita ang troso sa iyong sariling mata?
Ikaw na mapagkunwari! Tanggalin mo muna ang troso sa
iyong mata, at nang sa gayon ay malinaw kang makakakita
para alisin ang piraso ng dayami sa mata ng iyong kapatid.
43 Sapagkat walang mabuting puno ang namumunga ng
bulok na bunga, ni walang bulok na puno ang namumunga ng
mabuting bunga. 44 Sapagkat ang bawat puno ay nakikilala
sa uri ng kaniyang bunga. Sapagkat ang mga tao ay hindi
umaani ng igos sa matinik na damo, ni hindi sila umaani ng
ubas sa matinik na baging. 45 Inilalabas ng mabuting tao
ang kabutihan na nagmumula sa kayamanan ng kaniyang
puso, at inilalabas ng masamang tao ang masama mula
sa masamang kayamanan ng kaniyang puso. Sapagkat
mula sa kasaganaan ng kaniyang puso, nagsasalita ang
kaniyang bibig. 46 Bakit mo ako tinatatawag na, 'Panginoon,
Panginoon,' ngunit hindi mo sinusunod ang mga bagay
na sinasabi ko? 47 Ang bawat tao na lumalapit sa akin at
nakikinig ng aking mga salita at sinusunod ang mga ito,
sasabihin ko sa inyo kung ano ang kaniyang katulad. 48 Siya
ay tulad ng isang tao na nagtatayo ng bahay, na humukay
nang malalim sa lupa at itinayo ang pundasyon ng bahay sa
matatag na bato. Nang dumating ang baha, umagos ang
malakas na tubig sa bahay ngunit hindi nito kayang yanigin

dahil ito ay itinayo nang mahusay. 49 Ngunit ang tao na
nakikinig sa aking mga salita at hindi ito sinusunod, siya ay
tulad ng isang tao na nagtayo ng bahay sa ibabaw ng lupa
na walang pundasyon. Nang umagos ang malakas na tubig
sa bahay, agad-agad itong gumuho at ganap ang pagkasira
ng bahay na iyon.

7 Pagkatapos ng lahat ng mga bagay na sinabi ni Jesus
sa mga taong nakikinig, pumunta siya sa Capernaum.
2 Isang alipin ng senturion, na mahalaga sa kaniya ang
may malubhang sakit at nasa bingit na ng kamatayan. 3
Ngunit nang mabalitaan ang tungkol kay Jesus, nagsugo
ang senturion sa kaniya ng mga nakatatanda ng mga Judio
upang pakiusapan siya na pumunta at iligtas sa kamatayan
ang kaniyang alipin. 4 Nang malapit na sila kay Jesus,
taimtim silang nakiusap sa kaniya, na nagsasabi, "Karapat-
dapat na gawin mo ito sa kaniya, 5 dahil mahal niya ang
aming bansa, at isa siya sa nagtayo ng sinagoga para sa
amin." 6 Kaya si Jesus ay nagpatuloy sa kaniyang lakad
kasama nila. Ngunit nang malapit na siya sa bahay, ang
senturion ay nagpadala ng mga kaibigan para sabihin sa
kaniya, "Panginoon, huwag na kayong mag-abala, dahil
hindi ako karapat-dapat na puntahan sa aking tahanan. 7
Sa dahilang ito, hindi ko rin inisip na karapat-dapat ako
na humarap man lamang sa iyo, magbigay lang kayo ng
salita at gagaling na ang aking alipin. 8 Sapagkat ako rin ay
isang tao na itinalaga sa ilalim ng isang may kapangyarihan
at may mga kawal sa ilalim ko. Kapag sinabi ko sa isa,
'Pumunta ka,' pupunta siya roon, at sa isa naman, 'Halika,'
at lumalapit siya, at sa aking alipin, 'Gawin mo ito,' ginagawa
niya ito." 9 Nang marinig ito ni Jesus, siya ay namangha
sa kaniya, at habang humarap sa mga maraming taong
sumusunod sa kaniya, sinabi niya, "Sinasabi ko sa inyo, hindi
pa ako nakakita ng may ganitong kalaking pananampalataya
kahit na sa Israel." 10 Pagkatapos, bumalik sa bahay ang
mga isinugo at natagpuang magaling na ang alipin. 11
Ilang panahon pagkatapos nito, nangyari na si Jesus ay
naglakbay sa lungsod na tinatawag na Nain. Ang kaniyang
mga alagad ay sumama sa kaniya kasama ang maraming
mga tao. 12 Nang palapit na siya sa tarangkahan papasok
ng lungsod, masdan ito, isang taong patay ang dinadala
palabas, ang kaisa-isang anak ng kaniyang ina. Siya ay
isang balo, at kasama niya ang isang malaking grupo ng
mga tao na galing sa lungsod. 13 Pagkakita sa kaniya,
ang Panginoon ay labis na nahahabag sa kaniya at sinabi
sa kaniya, "Huwag kang umiyak." 14 Pagkatapos lumapit
siya at hinipo ang kinalalagyan ng bangkay, at ang mga
nagdadala ay napatigil. Sinabi niya, "Binata, sinasabi ko sa
iyo, bumangon ka." 15 Ang taong patay ay bumangon at
nagsimulang magsalita. At ibinigay siya ni Jesus sa kaniyang
ina. 16 At silang lahat ay nadaig ng takot. Nagpatuloy silang
nagpuri sa Diyos, na nagsasabi, "Isang dakilang propeta
ang nakasama natin" at "Tiningnan ng Diyos ang kaniyang
mga tao." 17 Itong balita tungkol kay Jesus ay kumalat sa
buong Judea at sa lahat ng kalapit na mga rehiyon. 18
Sinabi kay Juan ng mga alagad niya ang lahat ng mga
bagay na ito. 19 Pagkatapos ay tinawag ni Juan ang dalawa
sa kaniyang mga alagad at sila ay pinapunta sa Panginoon
upang sabihin, "Ikaw ba ang Siyang Darating, o mayroon
pa bang iba na aming hahanapin?" 20 Nang malapit na
sila kay Jesus, sinabi ng mga lalaki, "Kami ay ipinadala ni
Juan na Tagapag-bautismo sa iyo upang sabihin, 'Ikaw ba
ang Siyang Darating, o mayroon pang ibang tao na aming
hahanapin?'" 21 Sa oras na iyon siya ay nagpagaling ng
maraming tao mula sa pagkakasakit at mga paghihirap at
mula sa mga masamang espiritu, at maraming mga bulag
ang kaniyang binigyan ng paningin. 22 Sumagot si Jesus
at sinabi sa kanila, "Kapag nakaalis na kayo, ibalita ninyo
kay Juan kung ano ang inyong nakita at narinig. Ang mga
bulag ay nakatatanggap ng paningin, ang mga pilay ay
nakakalakad, ang mga ketongin ay nalilinis, ang mga bingi ay
nakaririnig, ang mga patay ay nabuhay, at ibinabahagi ang
magandang balita sa mga taong mahihirap. 23 Pinagpala
ang taong hindi tumitigil sa pananampalataya sa akin dahil
sa aking mga ginawa." 24 Pagkatapos nang umalis ang mga
tagapagbalita ni Juan, si Jesus ay nagsimulang magsalita sa
maraming tao tungkol kay Juan, "Ano ang ipinunta ninyo sa
disyerto upang makita, isang tambo na inaalog ng hangin?
25 Ngunit ano ang ipinunta ninyo upang makita, isang taong
nakadamit ng marilag na kasuotan? Tingnan ninyo, ang mga
taong nagsusuot ng marilag na damit at namumuhay sa
karangyaan ay nakatira sa palasyo ng mga hari. 26 Ngunit
ano ang ipinunta ninyo upang makita, isang propeta? Oo,
sinasabi ko sa inyo, at higit pa sa isang propeta. 27 Siya ang
tinutukoy sa nasusulat, 'Tingnan mo, aking ipinapadala ang
aking mensahero na mauuna sa iyo, na siyang maghahanda
sa iyong daraanan bago ka dumating.' 28 Sinasabi ko sa
inyo, sa mga ipinanganak ng mga babae, walang mas hihigit
kay Juan, ngunit ang pinakamababang tao sa kaharian
ng Diyos ay mas higit pa sa kaniya." 29 Nang marinig ito
ng lahat ng tao, kabilang ang mga maniningil ng buwis,
ipinahayag nila na ang Diyos ay matuwid. Sila ay kabilang
sa mga nabautismuhan sa bautismo ni Juan. 30 Ngunit ang
mga Pariseo at ang mga dalubhasa sa kautusan ng mga
Judio, na hindi niya nabautismuhan, ay tinanggihan ang
karunungan ng Diyos para sa kanilang mga sarili. 31 "Sa
ano ko ihahambing ang mga tao sa salinlahing ito? Ano
ang katulad nila? 32 Katulad sila ng mga batang naglalaro
sa pamilihan, na umuupo at tumatawag sa bawat isa at

sinasabi, 'Tumugtog kami ng plauta para sa inyo, ngunit
hindi kayo sumayaw. Nagdalamhati kami, ngunit hindi kayo
umiyak.' **33** Sapagkat naparito si Juan na Tagapagbautismo
na hindi kumakain ng tinapay at hindi umiinom ng alak,
at inyong sinabi, 'Siya ay may demonyo.' **34** Ang Anak
ng Tao ay dumating na kumakain at uminom at inyong
sinabi, 'Masdan ninyo, siya ay isang napakatakaw na tao
at isang manginginom, isang kaibigan ng mga maniningil
ng buwis at mga makasalanan!' **35** Ngunit ang karunungan
ay napawalang-sala ng lahat ng kaniyang mga anak." **36**
Ngayon, may isang Pariseo ang nakiusap kay Jesus na
makisalo siya sa kaniya. Kaya nang pumasok si Jesus sa
bahay ng Pariseo, sumandal siya sa mesa upang kumain.
**37** Masdan ito, may isang babae sa lungsod na makasalan.
Nalaman niya na si Jesus ay nakasandal sa hapagkainan sa
bahay ng Pariseo, at nagdala siya ng isang alabastro ng
pabango. **38** Tumayo siya sa likuran ni Jesus malapit sa
kaniyang mga paa at umiyak. At sinimulan niyang basain ng
kaniyang mga luha ang kaniyang mga paa, at pinunasan ang
mga ito ng kaniyang buhok, hinalikan ang kaniyang mga paa,
at binuhusan ang mga ito ng pabango. **39** Nang makita ito
ng Pariseong nag-anyaya kay Jesus, inisip niya sa kaniyang
sarili, na nagsasabi, "Kung ang taong ito ay isang propeta,
malalaman niya sana kung sino at anong klaseng babae
ang humahawak sa kaniya, na siya ay isang makasalanan."
**40** Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, "Simon, mayroon
akong sasabihin sa iyo." Sinabi niya, "Sabihin mo, Guro!"
**41** Sinabi ni Jesus, "May dalawang tao na may utang sa
isang taong nagpapahiram. Ang isa ay may utang ng limang
daang denaryo, at ang isa ay may utang ng limampung
denaryo. **42** Dahil sila ay walang pera na pangbayad, sila ay
pareho niyang pinatawad. Kaya, sino sa kanila ang higit na
magmamahal sa kanya?" **43** Sinagot siya ni Simon at sinabi,
"Sa palagay ko ay ang pinatawad niya nang lubos." Sinabi ni
Jesus sa kaniya, "Tama ang iyong paghatol." **44** Humarap
si Jesus sa babae at sinabi niya kay Simon, "Nakikita mo
itong babae. Ako ay pumasok sa iyong bahay. Hindi mo
ako binigyan ng tubig para sa aking mga paa, ngunit siya,
ay binasa niya ang aking mga paa sa pamamagitan ng
kaniyang mga luha, at pinunasan ang mga ito ng kaniyang
buhok. **45** Hindi mo ako binigyan ng isang halik, ngunit siya,
mula nang ako ay dumating, ay hindi tumigil sa paghalik
sa aking mga paa. **46** Hindi mo binuhusan ng langis ang
aking ulo, ngunit binuhusan niya ng pabango ang aking
mga paa. **47** Dahil dito, sinasabi ko sa iyo na siya na may
maraming kasalanan at pinatawad nang lubos, ay nagmahal
din nang lubos. Ngunit siya na pinatawad lamang nang
kaunti, ay nagmamahal lamang nang kaunti." **48** At sinabi
niya sa babae, "Napatawad na ang iyong mga kasalanan."
**49** Ang mga magkakasamang nakasandal sa hapag kainan,
nagsimulang magsalita sa kanilang mga sarili, "Sino ito na
nagpapatawad pa ng mga kasalanan?" **50** At sinabi ni Jesus
sa babae, "Ang iyong pananampalataya ang nagligtas sa
iyo. Humayo ka nang payapa."

**8** Pagkatapos, nangyari agad na si Jesus ay nagsimulang
maglakbay sa iba't ibang mga lungsod at mga nayon,
nangangaral at nagpapahayag ng magandang balita tungkol
sa kaharian ng Diyos at ang Labindalawa ay sumama
sa kaniya, **2** at gayundin ang mga ilang kababaihan na
napagaling mula sa mga masasamang espiritu at mga
karamdaman. Sila ay sina Maria na tinatawag na Magdalena,
na mula sa kaniya ay pitong demonyo ang pinalayas, **3** si
Juana ang asawa ni Cusa, na tagapangasiwa ni Herodes, si
Susana at marami pang ibang mga kababaihan na nagbigay
sa kanilang pangangailangan mula sa kanilang sariling
mga pinagkukunan. **4** Ngayon, nang ang napakaraming
bilang ng tao ay nagtipun-tipon, kasama ang mga tao na
pumupunta sa kaniya mula sa iba't-ibang mga lungsod,
siya ay nagsalita sa kanila gamit ang isang talinghaga. **5**
"May isang manghahasik na lumabas upang maghasik ng
mga butil. Sa kaniyang paghahasik, ang ilang mga butil
ay nahulog sa tabi ng daan at ang mga ito ay natapakan,
at nilamon ang mga ibon sa langit ang mga ito. **6** Ang
ibang mga butil ay nahulog sa mabatong lupa, at agad sa
kanilang pagtubo, ang mga ito ay nalanta dahil sa kawalan
ng halumigmig. **7** Ang ibang mga butil naman ay nahulog sa
mga matitinik na halaman, at ang mga matitinik na halaman
ay tumubo kasabay ng mga butil at sinakal ang mga ito. **8**
Ngunit ang ilang mga butil ay nahulog sa mabuting lupa at
namunga ng higit pa sa isandaan." Pagkatapos na sabihin ni
Jesus ang mga bagay na ito, siya ay nangusap, "Sinuman
ang may taingang pandinig, makinig siya." **9** Pagkatapos,
ang kaniyang mga alagad ay nagtanong kung ano ang ibig
sabihin ng talinghagang ito. **10** Sinabi ni Jesus sa kanila,
"Ipinagkaloob sa inyo ang karapatang maunawaan ang mga
hiwaga sa kaharian ng Diyos, ngunit ang ibang mga tao
ay tuturuan lamang sa mga talinghaga, kaya tumingin man
sila ay hindi talaga sila makakakita, at makinig man sila
ay hindi talaga sila makakaunawa. **11** Ngayon, ito ang ibig
sabihin ng talinghaga. Ang butil ay ang salita ng Diyos. **12**
Ang mga butil na nahulog sa tabi ng daan ay ang mga
taong nakarinig ng salita ngunit ang diyablo ay dumating
at kinuha ang salita mula sa kanilang puso upang sila ay
hindi manampalataya at mailigtas. **13** At ang mga nahulog
sa mabatong lupa ay ang mga tao na, nang marinig nila
ang salita, tinanggap nila ito nang may galak, ngunit sila
ay walang anumang mga ugat; sila ay maniniwala nang
panandalian at pagkatapos, sa panahon ng pagsubok, sila

ay tumiwalag. 14 Ang mga butil na nahulog sa mga matitinik
na halaman ay ang mga taong nakarinig ng salita ngunit sa
kanilang pagtahak ng daan, sila ay nasakal ng kanilang mga
alalahanin at mga kayamanan at mga kaligayahan sa buhay
na ito, kaya wala silang bungang madala sa paglago. 15
Ngunit ang mga butil na nahulog sa mabuting lupa, ito ay
ang mga tao na may tapat at mabuting puso, pagkatapos
nilang marinig ang salita, ito ay kanilang pinanghawakan
nang mabuti at nagbunga nang may pagtitiyaga. 16 Ngayon,
walang sinuman, na kung kaniyang sisindihan ang ilawan ay
tatakpan ito ng mangkok o ilalagay ito sa ilalim ng kama. Sa
halip ito ay kaniyang ilalagay sa patungan ng ilawan, upang
ang lahat ng papasok ay makikita ang liwanag. 17 Sapagkat
walang nakatago na hindi malalaman, ni anumang lihim
na hindi malalaman at mabubunyag sa liwanag. 18 Kaya
mag-ingat kung paano kayo makinig, dahil kung sinuman
ang mayroon, siya ay bibigyan pa ng mas marami, at kung
sinuman ang wala ay kukunin kahit na ang inaakala niyang
mayroon siya." 19 Pagkatapos, ang ina at mga kapatid na
lalaki ni Jesus ay lumapit sa kaniya, ngunit sila ay hindi
makalapit dahil sa napakaraming tao. 20 At ito ay sinabi sa
kaniya, "Ang iyong ina at ang iyong mga kapatid na lalaki ay
nakatayo sa labas, ninanais kang makita." 21 Ngunit sumagot
si Jesus at sinabi sa kanila, "Ang aking ina at ang aking mga
kapatid na lalaki ay ang mga nakikinig ng salita ng Diyos at
sinusunod ito." 22 Ngayon, nangyari isa sa mga araw na
iyon na si Jesus at ang kaniyang mga alagad ay sumakay
sa isang bangka, at sinabi niya sa kanila, "Pumunta tayo sa
kabilang dako ng lawa." At sila ay naglayag. 23 Ngunit sa
kanilang paglalayag, si Jesus ay nakatulog, at isang bagyo
na may napakalakas na hangin ang dumating sa buong
lawa, at ang kanilang bangka ay nagsimulang mapuno ng
tubig, at sila ay nasa matinding panganib. 24 At lumapit
ang mga alagad ni Jesus sa kaniya at siya ay ginising,
nagsasabi, "Panginoon! Panginoon! Tayo ay nasa bingit ng
kamatayan!" Siya ay gumising at sinaway ang hangin at
ang nagngangalit na tubig at ang mga ito ay humupa, at
nagkaroon ng kapanatagan. 25 Pagkatapos, sinabi niya
sa kanila, "Nasaan ang inyong pananampalataya?" Sa
pagkatakot, sila ay lubos na namangha, at sinabi sa isa't isa.
"Sino nga kaya ito, na kaniyang nauutusan kahit na ang mga
hangin at tubig at ang mga ito ay sumusunod sa kaniya?"
26 Dumating sila sa rehiyon ng Geraseno, na katapat ng
Galilea. 27 Nang nakababa si Jesus sa lupa, may isang
lalaki mula sa lungsod ang sumalubong sa kaniya at ang
lalaking ito ay may mga demonyo. Sa matagal na panahon,
siya ay walang suot na damit at hindi tumira sa isang bahay,
sa halip, ay sa mga libingan. 28 Nang makita niya si Jesus,
sumigaw siya at lumuhod sa harap niya. Sa malakas na
tinig kaniyang sinabing, "Ano ang kinalaman ko sa iyo,
Jesus, Anak ng Kataas-taasang Diyos? Nakikiusap ako
sayo, huwag mo akong pahirapan." 29 Sapagkat inuutusan ni
Jesus ang maruming espiritu na umalis sa lalaking iyon, dahil
maraming beses na siyang sinaniban nito. Kahit na siya ay
nakagapos sa mga kadena at mga tanikala at binabantayan
nang mabuti, napuputol niya ang mga gapos at dinadala ng
demonyo sa ilang. 30 At nagtanong sa kaniya si Jesus, "Ano
ang iyong pangalan?" At siya ay sumagot, "Pulutong", dahil
maraming demonyo ang sumanib sa kaniya. 31 Patuloy
silang nagsusumamo sa kaniya na huwag silang utusang
itapon sa bangin na napakalalim. **(Abyssos g12)** 32 Ngayon,
may kawan ng mga baboy na kumakain sa burol, at nakiusap
ang mga demonyo na payagan silang pasukin ang mga
baboy. Pinahintulutan niya silang gawin ito. 33 Kaya ang
mga demonyo ay lumabas sa lalaki at pumasok sa mga
baboy, at ang kawan ng baboy ay tumakbo nang mabilis
pababa ng matarik na burol papunta sa lawa at nalunod. 34
Nang makita ng mga lalaki na nagbabantay sa mga baboy
ang nangyari, tumakbo sila at ibinalita ito sa lungsod at sa
kabukiran. 35 Kaya ang mga taong nakarinig tungkol dito
ay lumabas upang makita kung ano ang nangyari, at sila
ay pumunta kay Jesus at nakita nila ang lalaki na pinalaya
mula sa mga demonyo. Siya ay nakadamit at nasa matinong
pag-iisip, nakaupo sa paanan ni Jesus at sila ay natakot.
36 Pagkatapos, ang mga nakakita sa nangyari ay sinabi
sa iba kung paanong ang lalaking dating nasasaniban ng
mga demonyo ay nailigtas. 37 Lahat ng taong nasa rehiyon
ng Geraseno at sa palibot na mga lugar ay humiling kay
Jesus na lumayo sa kanila, sapagkat sila ay nabalot ng
matinding takot. Kaya siya ay sumakay sa bangka upang
bumalik. 38 Ang lalaki na napalaya mula sa mga demonyo
ay nagmakaawa kay Jesus na siya ay hayaang sumama
kasama niya, ngunit siya ay pinaalis ni Jesus, na sinasabing,
39 "Bumalik ka sa iyong bahay at sabihin ang lahat ng mga
kahanga-hangang bagay na ginawa ng Diyos para sa iyo."
Ang lalaki ay umalis, ipinahayag sa buong lungsod ang
lahat ng mga kamangha-manghang bagay na ginawa ni
Jesus para sa kaniya. 40 Sa pagbabalik ni Jesus, sinalubong
siya ng napakaraming tao, dahil sa sila ay naghihintay
sa kaniya. 41 Masdan ito, may isang lalaki na dumating
na nagngangalang Jairo, at siya ay isa sa mga pinuno
ng sinagoga. Si Jairo ay lumuhod sa paanan ni Jesus at
nakiusap na pumunta sa kaniyang bahay, 42 dahil sa siya ay
may kaisa-isang anak na babae, na nasa labindalawang
taon ang edad, at siya ay nag-aagaw-buhay. Ngunit nang
papunta siya kay Jesus, maraming tao ang nagsisiksikan
sa kaniya. 43 Isang babae ang naroroon na labindalawang
taon nang dinudugo at ginugol ang lahat ng kaniyang pera

sa mga manggagamot, ngunit hindi siya mapapagaling ng
kahit sinuman sa kanila. 44 Siya ay pumunta sa likuran ni
Jesus at hinipo ang laylayan ng kaniyang damit, at agad na
huminto ang kaniyang pagdurugo. 45 Sinabi ni Jesus, "Sino
ang humipo sa akin?" Nang ang lahat ay tumanggi, sinabi ni
Pedro, "Panginoon, napakaraming tao ang nagsisiksikan
sa inyo at sila ay nanggigitgit sa inyo. 46 Ngunit sinabi ni
Jesus, "May isa ngang humipo sa akin, dahil alam ko na
may kapangyarihang lumabas sa akin." 47 Nang makita ng
babae na hindi niya maitago ang kaniyang ginawa, siya
ay lumapit na nanginginig. Habang lumuluhod sa harap ni
Jesus, ipinahayag niya sa harap ng lahat ng tao ang dahilan
ng paghipo niya sa kaniya at kung paano siya gumaling
agad. 48 Pagkatapos, sinabi niya sa kaniya, "Anak, ang
iyong pananampalataya ang siyang nagpagaling sa iyo.
Humayo ka nang may kapayapaan." 49 Habang siya ay
patuloy pang nagsasalita, may isang lumapit mula sa bahay
ng pinuno ng sinagoga, na nagsasabi, "Ang iyong anak na
babae ay patay na. Huwag mong gambalain ang guro."
50 Ngunit nang marinig iyon ni Jesus, siya ay sumagot sa
kaniya, "Huwag kang matakot. Manampalataya ka lang, at
siya ay maliligtas." 51 Pagkatapos, nang siya ay dumating
sa bahay, hindi niya pinayagan ang sinuman na pumasok
kasama niya, maliban kina Pedro, Juan, at Santiago, ang
ama ng batang babae, at ang kaniyang ina. 52 Ngayon,
lahat ng taong naroroon ay nagluluksa at tumataghoy para
sa kaniya, ngunit sinabi niya, "Huwag kayong tumaghoy.
Hindi siya patay, ngunit natutulog lamang." 53 Ngunit siya ay
pinagtawanan nila nang may pangungutya, sa pagkakaalam
na siya ay patay na. 54 Ngunit hinawakan niya ang batang
babae sa kaniyang mga kamay, tumawag, na nagsasabing,
"Bata, tumayo ka." 55 Ang espiritu ng bata ay bumalik, at
siya ay agad na bumangon. Nag-utos si Jesus na bigyan
siya ng makakain. 56 Namangha ang mga magulang ng
bata, ngunit inutusan sila ni Jesus na huwag sabihin kanino
man kung ano ang nangyari.

9 Tinawag niya ang Labindalawa at binigyan sila ng
kapangyarihan at karapatan laban sa lahat ng mga
demonyo at upang magpagaling ng mga sakit. 2 Sila ay
isinugo niya upang ipangaral ang kaharian ng Diyos at
upang pagalingin ang mga may sakit. 3 Sinabi niya sa
kanila, "Huwag kayong magdadala ng anuman para sa
inyong paglalakbay—maging tungkod, o pitaka, o tinapay
o salapi—ni magdala ng dalawang panloob na tunika."
4 Saanmang bahay kayo pumasok, manatili kayo doon
hanggang sa pag-alis ninyo sa lugar na iyon. 5 Para
naman sa mga hindi tatanggap sa inyo, kung kayo ay
aalis sa lungsod na iyon, pagpagin ninyo ang alikabok
sa inyong mga paa bilang patotoo laban sa kanila." 6
Pagkatapos sila ay umalis at pumunta sa mga nayon,
ipinapahayag ang magandang balita at nagpapagaling ng
mga tao sa lahat ng dako. 7 At ngayon, narinig ni Herodes
na tetrarka ang tungkol sa lahat ng mga nangyayari at
siya ay lubhang nabahala, sapagkat sinasabi ng iba na
si Juan na Tagapagbautismo ay nabuhay muli mula sa
kamatayan, 8 at sinabi ng iba na nagpakita si Elias, at
sabi ng iba na isa sa mga sinaunang propeta ang muling
nabuhay. 9 Sinabi ni Herodes, "Pinapugutan ko si Juan,
ngunit patungkol kanino itong mga bagay na naririnig ko?"
At sinubukan ni Herodes na gumawa ng paraan upang
makita si Jesus. 10 Nang bumalik ang mga isinugo ni Jesus,
sinabi nila sa kaniya ang lahat ng kanilang mga ginawa.
Pagkatapos, isinama niya sila sa isang lungsod na tinatawag
na Betsaida. 11 Ngunit narinig ito ng mga tao at sumunod
sa kaniya, at sila ay tinanggap niya, at siya ay nagsalita
sa kanila tungkol sa kaharian ng Diyos, at pinagaling ang
mga nangailangan ng kagalingan. 12 Nang patapos na
ang araw, lumapit sa kaniya ang Labindalawa at sinabi,
"Pauwiin mo na ang mga tao upang sila ay makapunta sa
mga kalapit na nayon at kabukiran upang makapaghanap
ng matutuluyan at makakain sapagkat tayo ay nasa ilang
na lugar." 13 Ngunit sinabi niya sa kanila, "Bigyan ninyo
sila ng makakain." Sinabi nila, "Ang mayroon po tayo ay
hindi hihigit sa limang tinapay at dalawang isda, maliban
na lamang kung kami ay bibili ng pagkain para sa mga
taong ito. 14 Mayroong nasa limanlibong lalaki ang naroon.
Sinabi niya sa kaniyang mga alagad, "Paupuin ninyo sila sa
grupong may tiglilimampung bilang." 15 At ginawa nila iyon
at lahat ng mga tao ay umupo. 16 Kinuha niya ang limang
tinapay at dalawang isda, at habang nakatingin sa langit,
pinagpasalamatan niya ang mga ito, at pinagpira-piraso, at
ibinigay niya ito sa kaniyang mga alagad upang ipamahagi
sa mga tao. 17 Silang lahat ay nakakain at nabusog, at
ang mga tira sa mga pagkain ay pinulot at napuno ang
labindalawang basket. 18 Nangyari nga, na habang siya
ay mag-isang nananalangin, kasama ang kaniyang mga
alagad, at sila ay kaniyang tinanong na sinasabi, "Ano ang
sinasabi ng maraming tao kung sino ako?" 19 Sumagot sila
at nagsabi, "Si Juan na Tagapagbautismo, ngunit ang iba
ay nagsasabing ikaw ay si Elias, ang iba ay nagsasabing
isa ka sa mga propeta mula noong unang panahon na
nabuhay muli." 20 Sinabi niya sa kanila, "Ngunit sino ako
para sa inyo?" Sumagot si Pedro at sinabi, "Ang Cristo na
nagmula sa Diyos." 21 Ngunit nagbigay siya ng babala
sa kanila, binilin sa kanila ni Jesus na huwag nila itong
ipagsabi sa kahit kaninuman, 22 sinasabi niya na ang Anak
ng Tao ay kailangang dumanas ng maraming bagay at
hindi tatanggapin ng mga nakatatanda, mga punong-pari

at mga eskriba, at siya ay papatayin, at sa ikatlong araw
ay bubuhayin muli. **23** Sinabi niya sa kanilang lahat, "Kung
sinuman ang may gustong sumunod sa akin, kailangan
niyang tanggihan ang kaniyang sarili, pasanin niya ang
kaniyang krus araw-araw, at sumunod sa akin. **24** Sinumang
sumubok na iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito,
at kung sinuman ang mawawalan ng kaniyang buhay alang-
alang sa akin ay maliligtas ito. **25** Ano ang mapapala ng tao
kung makamit niya ang buong mundo, ngunit mawawala o
mapapahamak naman ang kaniyang sarili? **26** Ang sinuman
na ikakahiya ako at ang aking mga salita, siya din ay
ikakahiya ng Anak ng Tao kapag siya ay dumating na nasa
kaniyang sariling kaluwalhatian, at sa kaluwalhatian ng
Ama, at ng mga banal na anghel. **27** Ngunit katotohanang
sinasabi sa inyo, mayroong iba sa inyong nakatayo dito,
na hindi makatitikim ng kamatayan hanggang sa makita
nila ang kaharian ng Diyos." **28** At nangyari, pagkalipas ng
mga walong araw pagkatapos sabihin ni Jesus ang mga
salitang ito, dinala niya sina Pedro, Juan, at Santiago, at
umakyat ng bundok upang manalangin. **29** Habang siya ay
nananalangin, nag-iba ang anyo ng kaniyang mukha, ang
kaniyang damit ay naging puti at nagniningning. **30** Masdan
ito, may dalawang lalaking nakikipag-usap sa kaniya! Sila
ay sina Moises at Elias **31** na nag-anyong maluwalhati.
Nagsalita sila patungkol sa kaniyang paglisan na malapit
na niyang maisakatuparan sa Jerusalem. **32** Ngayon, si
Pedro at ang kaniyang mga kasama ay mahimbing na
natutulog. Ngunit nang sila ay magising, nakita nila ang
kaniyang kaluwalhatian, at ang dalawang lalaking nakatayo
kasama niya. **33** At nangyari nga, habang ang mga lalaki
ay papalayo na kay Jesus, sinabi ni Pedro sa kaniya,
"Panginoon, mabuti at nandito kami at marapat na magtayo
kami ng tatlong kanlungan, isa para sa iyo, isa para kay
Moises, at isa para kay Elias." Hindi niya naintindihan
kung ano ang kaniyang mga sinasabi. **34** Pagkatapos,
habang sinasabi niya ang mga bagay na ito, may ulap na
dumating at nililiman sila; at sila ay natakot habang sila ay
napapalibutan ng ulap. **35** Isang tinig ang nanggaling sa
ulap, na nagsasabi, "Ito ang aking Anak na pinili. Makinig
kayo sa kaniya." **36** Nang matapos ang tinig, mag-isa na si
Jesus. Sila ay tumahimik, at sa mga araw na iyon ay wala
silang pinagsabihan sa mga bagay na kanilang nakita. **37** At
nangyari nga sa sumunod na araw, nang nakababa sila sa
bundok, sumalubong sa kaniya ang napakaraming tao. **38**
Masdan ito, mayroong isang ama na sumisigaw mula sa
maraming tao na nagsasabi, "Guro, nagmamakaawa ako na
tingnan ninyo ang aking anak na lalaki, sapagkat siya ay
nag-iisa kong anak. **39** Sinasaniban siya ng isang espiritu,
at bigla siyang sumisigaw, kaya siya ay nangingisay na
bumubula ang bibig. Pahirapan itong umalis sa kaniya, lubha
siyang sinasaktan nito kapag ito ay umaalis. **40** Nagmakaawa
ako sa iyong mga alagad na piliting palabasin ito sa kaniya,
ngunit hindi nila magawa." **41** Sumagot si Jesus at sinabi,
"Kayong mga hindi nananampalataya at masamang salinlahi,
gaano katagal ko kailangang manatili sa inyo at pagtiisan
kayo? Dalhin mo dito ang iyong anak." **42** Habang lumalapit
ang batang lalaki ay ihinagis siya ng demonyo pababa at
pinangisay nang marahas. Ngunit sinaway ni Jesus ang
maruming espiritu, at pinagaling ang batang lalaki, at ibinalik
siya sa kaniyang ama. **43** Silang lahat ay namangha sa
kadakilaan ng Diyos. Ngunit habang sila ay namamangha
parin sa mga bagay na kaniyang ginawa, sinabi niya sa
kaniyang mga alagad, **44** "Palalimin ninyo ang mga salitang
ito sa inyong mga tainga, sapagkat ang Anak ng Tao ay
ibibigay sa mga kamay ng mga tao." **45** Ngunit hindi nila
naintindihan ang ibig sabihin ng mga pahayag na ito, at ito
ay lingid sa kanila, kaya hindi nila ito maintindihan. Natakot
silang magtanong sa kaniya tungkol sa pahayag na iyon.
**46** Pagkatapos, isang pagtatalo ang nagsimula sa kanila
tungkol sa kung sino ang magiging lubos na dakila. **47** Ngunit
nang malaman ni Jesus ang kanilang mga pangangatwiran
sa kanilang mga puso, kumuha siya ng isang bata at nilapit
sa kaniyang tabi, **48** at sinabi sa kanila, "Kung sinuman
ang tumanggap sa isang maliit na batang katulad nito sa
aking pangalan, siya rin ay tumatanggap sa akin, at kung
sinuman ang tumatanggap sa akin, siya rin ay tumatanggap
sa kaniya na nagsugo sa akin. Dahil kung sinuman ang
pinakamababa sa inyong lahat ay siyang dakila." **49** Sumagot
si Juan at sinabi, "Panginoon, may nakita kaming isang tao
na nagpapalayas ng demonyo gamit ang iyong pangalan at
pinigilan namin siya sapagkat siya ay hindi sumusunod sa
atin." **50** Ngunit sinabi ni Jesus sa kaniya, "Huwag ninyo
siyang pigilan, sapagkat siya na hindi laban sa inyo ay
kasama ninyo." **51** Nangyari ng habang papalapit na ang
kaniyang pag-akyat sa langit, lubos niyang inihanda ang
kaniyang sarili na pumunta sa Jerusalem. **52** Nagpadala siya
ng mga mensahero bago siya pumunta, at sila ay pumunta at
nakarating sa isang Samaritanong bayan upang maghanda
para sa kaniya. **53** Ngunit siya ay hindi tinanggap ng mga
tao roon, sapagkat nagpasya siyang pumunta sa Jerusalem.
**54** Pagkatapos, nang makita ito ng kaniyang mga alagad
na sina Santiago at Juan, sinabi nila, "Panginoon, nais mo
bang iutos naming bumaba ang apoy mula sa langit at
puksain sila?" **55** Ngunit hinarap niya sila at sinaway sila. **56**
Pagkatapos, sila ay pumunta sa ibang nayon. **57** Habang sila
ay papunta sa kanilang daraanan, may nagsabi sa kaniya,
"Ako ay susunod sa iyo saan ka man pumunta." **58** Sinabi
ni Jesus sa kaniya, "Ang mga asong-gubat ay may mga

lungga, ang mga ibon sa himpapawid ay may mga pugad,
ngunit ang Anak ng Tao ay walang malatagan ng kaniyang
ulo." **59** At sinabi niya sa isa pang tao, "Sumunod ka sa
akin." Ngunit sinabi niya, "Panginoon, hayaan mong ilibing
ko muna ang aking ama." **60** Ngunit sumagot siya sa kaniya,
"Hayaan ninyo ang patay na maglibing sa sarili nilang mga
patay, ngunit kayo ay humayo at ipahayag sa lahat ng dako
ang kaharian ng Diyos." **61** Isa pang tao naman ay nagsabi
din, "Ako ay susunod sa iyo, Panginoon, ngunit hayaan mo
muna akong magpaalam sa kanila na nasa aking bahay." **62**
Ngunit si Jesus ay sumagot sa kaniya, "Walang sinumang
naglagay ng kaniyang mga kamay sa araro at tumitingin sa
likuran, ang karapat-dapat para sa kaharian ng Diyos."

**10** Ngayon, pagkatapos ng mga bagay na ito, ang
Panginoon ay naghirang ng pitumpung iba pa, at
isinugo sila nang dalawahan para mauna sa kaniya sa bawat
lungsod at lugar na ninanais niyang puntahan. **2** Sinabi niya
sa kanila, "Marami ang aanihin, ngunit ang manggagawa ay
kakaunti. Kaya nga madaliing manalangin sa Panginoon ng
ani, upang magpadala siya ng manggagawa sa kaniyang
ani. **3** Humayo kayo sa inyong lakad. Tingnan, Sinusugo
ko kayo bilang mga tupa sa gitna ng mga lobo. **4** Huwag
kayong magdala ng lalagyan ng pera, lalagyang panglakbay,
ni mga sandalyas, at huwag ninyong batiin ang sinuman
sa daan. **5** Anumang mga bahay na inyong tutuluyan, una
ninyong sabihin, 'Magkaroon nawa ng kapayapaan sa bahay
na ito.' **6** Kung ang isang taong payapa ay naroon, ang
inyong kapayapaan ay mapapasakaniya, ngunit kung hindi,
ito ay babalik sa iyo. **7** Manatili kayo sa bahay na iyon,
kumain at uminom ng anumang ibigay nila, sapagkat ang
manggagawa ay karapat-dapat sa kaniyang sahod. Huwag
kayong magpalipat-lipat ng bahay. **8** Sa lungsod na inyong
tutuluyan, at kayo ay tinanggap, kumain kayo ng anumang
ihain sa inyong harapan, **9** at pagalingin ninyo ang may
sakit na naroroon. Sabihin niyo sa kanila, 'Ang kaharian ng
Diyos ay malapit na sa inyo.' **10** Ngunit sa anumang mga
lungsod na inyong pupuntahan, at hindi nila kayo tinanggap,
pumunta kayo sa mga lansangan nito at sabihin, **11** 'Kahit
ang alikabok mula sa inyong lungsod na kumapit sa aming
mga paa ay aming pinupunasan laban sa inyo! Ngunit alamin
ito, ang kaharian ng Diyos ay malapit na.' **12** Sinasabi ko
sa inyo na sa araw ng paghuhukom, higit na mapagtitiisan
ang Sodoma kaysa sa lungsod na iyon. **13** Aba sa inyo,
Corazin! Aba sa inyo Betsaida! Kung ang makapangyarihang
mga gawa na nagawa sa inyo ay nagawa sa Tiro at Sidon,
matagal na sana silang nagsisi, na nakaupo sa telang
magaspang at sa mga abo. **14** Ngunit mapagtitiisan pa ang
Tiro at Sidon sa panahon ng paghuhukom kaysa sa inyo.
**15** Ikaw, Capernaum, naiisip mo ba na ikaw ay itataas sa
langit? Hindi, kayo ay ibababa sa Hades. **(Hadēs g86)** **16** Ang
nakikinig sa inyo ay nakikinig sa akin, at ang tumatanggi sa
inyo ay tumatanggi sa akin, at ang tumatanggi sa akin ay
tumatanggi sa nagsugo sa akin." **17** Bumalik ang pitumpu
na may kagalakan, nagsasabing, "Panginoon, kahit ang
mga demonyo ay nagpasakop sa amin sa iyong pangalan."
**18** Sinabi ni Jesus sa kanila, "Pinanood ko si Satanas na
nahulog mula sa langit gaya ng kidlat. **19** Tingnan, binigyan
ko kayo ng kapangyarihan na tapakan ang mga ahas, at
ang mga alakdan, at sa lahat ng kapangyarihan ng kaaway,
at walang makapananakit sa inyo sa anumang paraan. **20**
Gayon pa man huwag kayong magalak lamang sa mga ito,
na ang mga espiritu ay sumusunod sa inyo, ngunit higit
na magalak na ang inyong mga pangalan ay nakasulat sa
langit." **21** Sa parehong oras na iyon, siya ay nagalak nang
lubusan sa Banal na Espiritu, at sinabi, "Pinupuri kita, O Ama,
Panginoon ng langit at lupa, dahil itinago mo ang mga bagay
na ito mula sa matatalino at nakakaunawa, at ipinahayag
ang mga ito sa mga walang muwang, tulad ng mga maliliit
na bata. Oo, Ama, sapagkat ito ay nakalulugod sa inyong
paningin." **22** "Ang lahat ng mga bagay ay ipinagkatiwala sa
akin mula sa aking Ama, at walang nakakakilala sa Anak
maliban sa Ama, at walang nakakakilala sa Ama maliban
sa Anak, at kanino man na naisin ng Anak na ipahayag
siya." **23** Nang humarap siya sa mga alagad, sinabi niya
nang bukod, "Pinagpala ang mga nakakakita sa mga bagay
na nakikita ninyo. **24** Sinasabi ko sa inyo, maraming mga
propeta at mga hari na hinangad na makita ang mga bagay
na inyong nakikita, at hindi nila ito nakita, at marinig ang mga
bagay na inyong naririnig, at hindi nila narinig." **25** Masdan
ito, may isang guro ng kautusan ng Judio na tumindig at
sinubukan siya, sinabi, "Guro, anong dapat kong gawin
upang magmana ng walang hanggang buhay?" **(aiōnios
g166)** **26** Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Ano ang nakasulat sa
kautusan? Paano mo ito binabasa?" **27** Sumagot na nagsabi
siya, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong
puso, nang buong kaluluwa, nang buong lakas, at nang
buong kaisipan, at ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili." **28**
Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Tama ang iyong sinabi. Gawin mo
ito, at mabubuhay ka." **29** Ngunit ang guro na naghahangad
na na bigyang katuwiran ang kaniyang sarili, ay nagsabi kay
Jesus, "At sino ang aking kapwa?" **30** Sumagot na nagsabi
si Jesus, "May isang tao na bumaba sa Jerico mula sa
Jerusalem. Nahulog siya sa kamay ng mga magnanakaw,
na sumamsam sa kaniyang mga ari-arian, at binugbog siya,
at iniwan siyang halos patay na. **31** Nagkataon na may isang
pari ang bumaba sa daang iyon, at nang siya ay nakita nito,
siya ay dumaan sa kabila ng daan. **32** Gayon din naman sa
isang Levita, nang siya ay dumating sa lugar at nakita siya,

ay dumaan sa kabila ng daan. 33 Ngunit isang Samaritano,
sa kaniyang paglalakbay, ay dumating sa kinaroroonan niya.
Nang makita siya, siya ay nahabag. 34 Lumapit siya sa
kaniya at binendahan ang kaniyang mga sugat, nilagyan ng
langis at alak ang mga ito. Sinakay siya sa kaniyang sariling
hayop, at dinala siya sa bahay-panuluyan, at inalagaan siya.
35 Nang sumunod na araw, siya ay kumuha ng dalawang
denaryo, at ibinigay sa katiwala ng bahay-panuluyan, at
sinabi, 'Alagaan mo siya at anumang magagastos mong
labis, sa aking pagbalik, babayaran kita.' 36 Sino sa tatlong
ito, sa tingin mo, ang naging isang kapwa sa kaniya na
nahulog sa mga magnanakaw?" 37 Sinabi ng guro, "Ang
nagpakita ng awa sa kaniya." Sinabi ni Jesus sa kaniya,
"Humayo ka at gayon din ang gawin mo." 38 Ngayon sa
pagpapatuloy ng kanilang paglalakbay, siya ay pumunta
sa isang nayon, at isang babaeng nagngangalang Marta
ang tumanggap sa kaniya sa loob ng kaniyang bahay. 39
Mayroon siyang isang kapatid na nagngangalang Maria, na
nakaupo sa paanan ng Panginoon at nakinig sa kaniyang
salita. 40 Ngunit si Marta ay sobrang abala sa paghahanda
ng pagkain. Lumapit siya kay Jesus, at sinabi, "Panginoon,
pababayaan mo ba na iniwan ako ng aking kapatid na
mag-isang maglingkod? Kaya sabihin mo sa kaniya na
tulungan ako." 41 Ngunit sumagot ang Panginoon at sinabi
sa kaniya, "Marta, Marta, masyado kang abala tungkol
sa maraming bagay, 42 ngunit iisang bagay lamang ang
kinakailangan. Pinili ni Maria kung ano ang pinakamabuti, na
hindi makukuha mula sa kaniya."

**11** At nangyari nang si Jesus ay nananalangin sa isang
lugar, sinabi sa kaniya ng isa sa kaniyang mga alagad,
"Panginoon, turuan mo kaming manalangin na gaya ng
tinuro ni Juan sa kaniyang mga alagad." 2 Sinabi ni Jesus
sa kanila, "Kung kayo ay mananalangin, sabihin ninyo,
'Ama, sambahin ang iyong pangalan. Ang kaharian mo ay
dumating. 3 Bigyan mo kami ng aming tinapay sa araw-
araw. 4 Patawarin mo kami sa aming mga kasalan gaya
ng pagpapatawad namin sa may pagkakautang sa amin.
Huwag mo kaming itungo sa tukso.'" 5 Sinabi ni Jesus sa
kanila, "Sino sa inyo ang mayroong kaibigan, at pupunta
ka sa kaniya sa hating gabi, at sasabihin mo sa kaniya,
'Kaibigan, pahiramin mo ako ng tatlong tinapay, 6 sapagkat
kararating lamang ng isang kaibigan ko mula sa paglalakbay
at wala akong anumang maihahanda sa kaniya.' 7 At ang
nasa loob na sasagot na magsasabi na, 'Huwag mo akong
gambalain. Sarado na ang pinto, ako at ang aking mga anak
ay nakahiga na. Hindi ako makabangon at makapagbigay
sa iyo ng tinapay.' 8 Sinasabi ko sa inyo, kahit na siya ay
hindi bumangon at magbigay sa iyo ng tinapay dahil ikaw
ay kaibigan niya, ngunit dahil sa iyong hindi nahihiyang
pagpupumilit, siya ay babangon at bibigyan ka ng tinapay
ayon sa dami ng iyong kailangan. 9 Sinasabi ko rin sa
inyo, humingi kayo at ito ay maibibigay sa inyo, maghanap
at inyong matatagpuan. Kumatok, at ito ay mabubuksan
para sa inyo. 10 Sapagkat ang bawat tao na humihingi ay
makatatanggap at ang tao na naghahanap ay makatatagpo
at sa tao na kumakatok, ito ay mabubuksan. 11 Aling ama
sa inyo, kung ang iyong anak na lalaki ay humingi ng isda
ay bibigyan mo ng ahas sa halip na isda? 12 O kung siya
ay humingi ng itlog, bibigyan mo ba siya ng alakdan? 13
Kaya, kung kayong masasama ay marunong magbigay ng
mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang
inyong Ama mula sa langit na ibibigay ang Banal na Espiritu
sa mga humihingi sa kaniya?" 14 Pagkatapos, si Jesus ay
nagpapalayas ng demonyo at ito ay pipi. At nangyari nang
lumabas ang demonyo, nagsalita ang pipi. Namangha ang
napakaraming tao! 15 Ngunit sinabi ng ilang mga tao, "Sa
pamamagitan ni Beelzebub, ang pinuno ng mga demonyo,
siya ay nagpapalayas ng mga demonyo." 16 Sinubok siya ng
iba at naghanap sa kaniya ng palatandaan mula sa langit. 17
Ngunit alam ni Jesus ang kanilang iniisip at sinabi sa kanila,
"Bawat kaharian na nagkakabaha-bahagi laban sa kaniyang
sarili ay napababayaan at ang bahay na nagkakabaha-
bahagi laban sa kaniyang sarili ay bumabagsak. 18 Kung si
Satanas ay nagkakabaha-bahagi laban sa kaniyang sarili,
paano mananatili ang kaniyang kaharian? Sapagkat sinasabi
ninyo na ako ay nagpapalayas ng demonyo sa pamamagitan
ni Beelzebub. 19 Kung ako ay nagpapalayas ng mga
demonyo sa pamamagitan ni Beelzebub, sa pamamagitan
nino nagpapalayas ang inyong mga tagasunod? Dahil dito,
sila ang inyong magiging mga hukom. 20 Ngunit kung ako ay
nagpapalayas ng mga demonyo sa pamamagitan ng daliri
ng Diyos, kung gayon ang kaharian ng Diyos ay dumating sa
inyo. 21 Kung ang isang malakas na tao na lubos na armado
ay binabantayan ang kaniyang bahay, ang kaniyang mga ari-
arian ay ligtas 22 ngunit kung siya ay dinaig ng mas malakas
sa kaniya, kukunin ng mas malakas ang kaniyang baluti at
nanakawin ang pag-aari ng tao. 23 Ang hindi ko kasama
ay laban sa akin at ang hindi nagtitipon na kasama ako ay
naghihiwa-hiwalay. 24 Kung ang maruming espiritu ay umalis
mula sa isang tao, ito ay dumadaan sa mga tuyong lugar
at maghahanap ng mapagpapahingaan. Nang wala itong
mahanap, sasabihin nito, 'Ako ay babalik sa aking bahay
kung saan ako nanggaling.' 25 Sa kaniyang pagbabalik,
natagpuan nito ang bahay na iyon na nawalisan at maayos.
26 Pagkatapos, ito ay nagpatuloy at nagsama ng pitong iba
pang espiritu na mas masama pa sa kaniya at pumasok
silang lahat para tumira doon. Kaya ang kalagayan ng tao
ay naging mas malubha kaysa noong una. 27 Nangyari na,

habang sinasabi niya ang mga bagay na ito, may isang
babae na sumigaw sa gitna ng napakaraming tao at nagsabi
sa kaniya, “Pinagpala ang sinapupunan na nagsilang sa iyo
at ang nagpasuso sa iyo.” **28** Ngunit sinabi niya, “Higit pa na
pinagpala ang mga nakarinig ng salita ng Diyos at iningatan
ito.” **29** Nang nagtitipon ang napakaraming tao, sinimulan
niyang sabihin, “Ang salinlahi na ito ay masamang salinlahi.
Naghahanap ito ng palatandaan ngunit walang palatandaan
na maibibigay dito, kung hindi ay ang palatandaan ni Jonas.
**30** Sapagkat katulad ni Jonas na naging palatandaan sa
mga taga-Nineveh, ganoon din na ang Anak ng Tao ay
magiging palatandaan sa salinlahi na ito. **31** Ang Reyna ng
Timog ay tatayo sa paghuhukom kasama ng mga tao sa
salinlahi na ito at sila ay hahatulan niya, sapagkat siya ay
nanggaling sa dulo ng mundo upang makinig sa karunungan
ni Solomon, at tingnan ninyo, narito ang higit na dakila
kaysa kay Solomon. **32** Ang mga tao ng Nineveh ay tatayo
sa paghuhukom kasama ng mga tao sa salinlahi na ito at
hahatulan ito, sapagkat sila ay nagsisi sa pangangaral ni
Jonas, at tingnan ninyo, narito ang higit na dakila kaysa kay
Jonas. **33** Wala kahit sino na matapos sindihan ang ilawan
ay ilalagay ito sa madilim na silid o sa ilalim ng basket, kung
hindi ay sa patungan ng ilawan para magkaroon ng ilaw ang
pumapasok. **34** Ang iyong mata ay ilawan ng iyong katawan.
Kapag ang iyong mata ay malinaw, ang buong katawan
ay napupuno ng liwanag. Ngunit kung ang iyong mata ay
malabo, ang iyong buong katawan ay puno ng kadiliman.
**35** Samakatuwid kayo ay mag-ingat na ang liwanag na
nasa inyo ay hindi kadiliman. **36** Kung ganoon nga, na
ang iyong buong katawan ay puno ng liwanag, na walang
bahagi nito na nasa kadiliman, ang iyong buong katawan ay
magiging tulad ng ilawan na kumikinang ang liwanag sa
iyo.” **37** Nang matapos siyang magsalita, isang Pariseo ang
humiling sa kaniya na kumain kasama niya sa kaniyang
bahay, kung kaya pumasok si Jesus at sumandal. **38** At ang
Pariseo ay nagulat dahil hindi muna siya naghugas bago ang
hapunan. **39** Ngunit sinabi ng Panginoon sa kaniya, “Kayong
mga Pariseo, nililinis ninyo ang labas ng mga tasa at mga
mangkok, ngunit ang inyong loob ay puno ng kasakiman at
kasamaan. **40** Kayong mga walang saysay na tao! Hindi
ba ang gumawa ng labas ay siya ring gumawa ng loob?
**41** Ibigay ninyo sa mga mahihirap ang nasa loob at ang
lahat ng bagay ay magiging malinis para sa inyo. **42** Sa aba
ninyong mga Pariseo, sapagkat ibinibigay ninyo ang ikapu ng
yerbabuena at ruda at ang bawat ibang halaman sa hardin
ngunit pinababayaan ninyo ang katarungan at ang pag-ibig
ng Diyos. Kinakailangan na kumilos nang may katarungan
at may pagmamahal sa Diyos na hindi rin pinababayaan
na gawin ang ibang mga bagay. **43** Sa aba ninyong mga
Pariseo, sapagkat gustong gusto ninyo ang mga upuan
sa unahan sa mga sinagoga at mga magalang na pagbati
sa mga pamilihan. **44** Sa aba ninnyo sapagkat kayo ay
katulad ng libingan na walang marka na nilalakaran ng mga
tao nang hindi nila nalalaman.” **45** At isang tagapagturo ng
mga kautusan ng Judio ang sumagot sa kaniya at nagsabi,
“Guro, ang sinabi mo ay isang insulto rin sa amin.” **46** Sinabi
ni Jesus, “Sa aba ninyo, mga tagapagturo ng kautusan!
Sapagkat ipinapapasan ninyo sa mga tao ang mga pasanin
na mahirap dalhin ngunit hindi man lang ninyo hinahawakan
ang mga pasanin na iyon sa isa sa inyong sariling mga
daliri. **47** Sa aba ninyo, sapagkat nagtatayo kayo ng mga
bantayog para sa libingan ng mga propeta subalit ang inyong
mga ninuno ang pumatay sa kanila. **48** Kaya kayo ay mga
saksi at nagpahintulot sa ginawa ng inyong mga ninuno
dahil tunay nga na pinatay nila ang mga propeta na siyang
pinatayuan ninyo ng mga bantayog. **49** Sa kadahilanan ding
ito, sinabi ng karunungan ng Diyos, 'Ako ay magpapadala sa
kanila ng mga propeta at mga apostol, at uusigin nila at
papatayin ang iba sa kanila.' **50** Kung gayon ang salinlahi
na ito ang may pananagutan sa lahat ng dugo ng mga
propeta na dumanak mula sa simula ng mundo, **51** mula sa
dugo ni Abel hanggang sa dugo ni Zacarias, na pinatay sa
pagitan ng altar at santuwaryo. Oo, sinasabi ko sa inyo, ang
salinlahi na ito ang may pananagutan. **52** Sa aba ninyong
mga tagapagturo ng mga kautusan ng Judio sapagkat
kinuha ninyo ang susi ng kaalaman, kayo mismo ay hindi
pumapasok at hinahadlangan ninyo ang mga pumapasok.”
**53** Pagkatapos umalis ni Jesus doon, ang mga eskriba at
ang mga Pariseo ay tutol sa kaniya at nakipagtalo sa kaniya
tungkol sa maraming bagay, **54** sinusubukan siyang hulihin
sa kaniyang mga salita.

**12** Samantala, nang ang libu-libong mga tao ay nagkatipon-
tipon, na halos ang bawat isa ay nagkakatapak-
tapakan, sinimulan muna niyang sabihin sa kaniyang
mga alagad, “Mag-ingat sa lebadura ng mga Pariseo, na
ang pagkukunwari. **2** Ngunit walang nakatago ang hindi
maisisiwalat, at walang lihim ang hindi malalaman. **3** Kaya
kung anuman ang inyong nasabi sa kadiliman ay maririnig
sa liwanag, at anuman ang inyong ibinulong sa pinakaloob
ng mga silid ay maihahayag sa ibabaw ng mga bubong.
**4** Sinasabi ko sa inyo aking mga kaibigan, huwag kayong
matakot sa mga pumapatay ng katawan, at pagkatapos iyon,
ay wala na silang magagawa. **5** Ngunit babalaan ko kayo
tungkol sa dapat ninyong katakutan. Katakutan ang taong
pagkatapos pumatay ay may kapangyarihang itapon kayo sa
impiyerno. Oo, sinasabi ko sa inyo, katakutan siya. **(Geenna
g1067)** **6** Hindi ba ang limang mga maya ay ipinagbibili sa
dalawang maliit na barya? Ganun pa man, wala ni isa sa

kanila ang nalilimutan sa paningin ng Diyos. **7** Ngunit kahit
ang mga buhok ninyo sa ulo ay bilang na lahat. Huwag
matakot. Higit kayong mas mahalaga kaysa sa maraming
maya. **8** Sinasabi ko sa inyo, ang bawat taong kumikilala
sa akin sa harap ng mga tao, kikilalanin din siya ng Anak
ng Tao sa harap ng mga anghel ng Diyos, **9** ngunit ang
magkaila sa akin sa harap ng mga tao ay ikakaila sa harap
ng mga anghel ng Diyos. **10** Ang bawat taong magsasabi ng
salita laban sa Anak ng Tao, ito ay patatawarin, ngunit ang
lumapastangan sa Banal na Espiritu, ay hindi patatawarin.
**11** Kung kayo ay dinala nila sa harap ng mga sinagoga, ng
mga pinuno, at mga may kapangyarihan, huwag kayong
matakot kung paano kayo magsasalita upang ipagtanggol
ang inyong sarili, o kung ano ang inyong sasabihin, **12** dahil
ang Banal na Espiritu ang magtuturo sa inyo sa oras na iyon
kung ano ang dapat ninyong sabihin. **13** At isang lalaki mula
sa napakaraming tao ang nagsabi sa kaniya, “Guro, sabihin
mo sa aking kapatid na paghatian na namin ang mana”, **14**
Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Ginoo, sino ang naglagay sa akin
upang maging hukom o tagapamagitan ninyo?” **15** At sinabi
niya sa kanila, “Mag-ingat na kayo ay hindi masakop ng
lahat ng kasakimang pagnanasa, dahil ang buhay ng isang
tao ay hindi batay sa kasaganaan ng kaniyang mga ari-
arian.” **16** Pagkatapos, nagsabi sa kanila si Jesus ng isang
talinghaga, na nagsasabi, “Ang bukid ng isang mayamang
tao ay umani ng masagana, **17** at nangatwiran sa kaniyang
sarili, na nagsasabi, “Ano ang aking gagawin, dahil wala na
akong paglagyan ng aking mga ani?' **18** Sinabi niya, 'Ito
ang aking gagawin. Gigibain ko ang aking mga kamalig
at tatayuan ko ng mas malalaki at doon ko ilalagay ang
lahat ng aking butil at iba pang mga ari-arian. **19** Sasabihin
ko sa aking kaluluwa, “Kaluluwa, marami kang mga ari-
arian na naitago sa maraming taon. Magpahinga ng mabuti,
kumain, uminom, at magpakasaya.'” **20** Ngunit sinabi ng
Diyos sa kaniya, 'Hangal na tao, ang iyong kaluluwa ay
kukunin ngayong gabi, at ang mga bagay na iyong inihanda,
kanino mapupunta ang mga ito? **21** Ganyan ang isang tao
na nag-iipon ng kayamanan para sa kaniyang sarili at hindi
mayaman para sa Diyos.” **22** Sinabi ni Jesus sa kaniyang
mga alagad, “Kaya sinasabi ko sa inyo, huwag kayong
mabahala tungkol sa inyong buhay—kung ano ang inyong
kakainin, o tungkol sa inyong katawan—kung ano ang inyong
susuotin. **23** Sapagkat ang buhay ay mas higit kaysa sa
pagkain at ang katawan ay mas higit kaysa sa mga damit. **24**
Isipin ninyo ang mga uwak, hindi sila naghahasik o umaani.
Wala silang bodega o kamalig, ngunit sila ay pinapakain ng
Diyos. Gaano na lamang kayo kahalaga kaysa sa mga ibon!
**25** At sino sa inyo ang sa pag-aalala ay makapagdaragdag
ng kahit isang kubit sa haba ng kaniyang buhay? **26** Kung
gayon na hindi ninyo magawa ang kahit pinakamaliit na
bagay, bakit kayo nababahala sa ibang mga bagay? **27**
Isipin ninyo ang mga liryo—kung paano sila lumalaki. Sila
ay hindi nagtatrabaho o ni nagsusulid man lang. Gayon
pa man, sinasabi ko sa inyo, kahit si Solomon sa lahat ng
kaniyang kaluwalhatian ay hindi nakapagdamit na tulad ng
isa sa mga ito. **28** Kung dinamitan nga ng Diyos ang damo
sa bukid, na nananatili ngayon, at bukas ay itatapon sa
pugon, gaano pa kayo na kaniyang dadamitan, O kayong
mga maliit ang pananampalataya! **29** Huwag hanapin kung
ano ang inyong kakainin, at kung ano ang inyong iinumin, at
huwag kayong mabahala. **30** Dahil ang mga bagay na ito
ang hinahanap ng lahat ng mga bansa sa mundo, at alam
ng inyong Ama na kailangan ninyo ang mga bagay na ito.
**31** Ngunit hanapin ang kaniyang kaharian, at ang lahat ng
bagay na ito ay maidadagdag sa inyo. **32** Huwag matakot,
maliit na kawan, dahil ang inyong Ama ay lubos na nalulugod
na ibigay sa inyo ang kaharian. **33** Ipagbili ang inyong mga
ari-arian at ibigay ito sa mahihirap. Gumawa kayo ng inyong
mga sariling mga pitaka na hindi nasisira—mga kayamanan
sa kalangitan na hindi nawawala, na hindi nilalapitan ng
magnanakaw, at hindi sinisira ng tanga. **34** Sapagkat kung
nasaan ang inyong kayamanan ay naroon din ang inyong
puso. **35** Isuksok ninyo ang inyong mahabang damit sa
inyong sinturon, at panatilihing nag-aapoy ang inyong mga
ilawan, **36** at maging katulad kayo ng mga taong naghihintay
sa kanilang amo na bumalik mula sa kasalan, upang kung
siya ay bumalik at kumatok, agad nilang bubuksan ang pinto
para sa kaniya. **37** Pinagpala ang mga lingkod na iyon,
na masusumpungan ng amo na nagbabantay sa kaniyang
pagbabalik. Totoo, sinasabi ko sa inyo na isusuksok niya
ang mahaba niyang damit sa kaniyang sinturon, pauupuin
sila para sa pagkain, at lalapit at pagsisilbihan sila. **38**
Kung ang amo ay dadating sa pangalawang pagbantay
sa gabi o kahit sa pangatlong pagbantay at nakita silang
handa, pinagpala ang mga lingkod na iyon. **39** Dagdag pa
nito alamin ninyo ito, na kung alam ng amo ang oras ng
pagdating ng magnanakaw, hindi niya hahayaang mapasok
ang kaniyang tahanan. **40** Maging handa din, dahil hindi niyo
alam ang oras ng pagdating ng Anak ng Tao.” **41** Sinabi ni
Pedro, “Panginoon, sa amin mo lamang ba sinasabi ang
talinghagang ito o para rin sa lahat?” **42** Sinabi ng Panginoon,
“Sino ngayon ang tapat at matalinong tagapamahala na
itatakda ng kaniyang panginoon para sa ibang lingkod
upang ibigay sa kanila ang kanilang bahagi ng pagkain sa
tamang panahon? **43** Pinagpala ang lingkod na iyon, na
masusumpungan ng kaniyang panginoon na gumagawa
niyan sa kaniyang pagdating. **44** Totoong sinasabi ko sa inyo
na siya ay gagawing tagapamahala sa lahat ng kaniyang

ari-arian. 45 Ngunit kung sinasabi ng lingkod na iyon sa
kaniyang puso, "Matatagalan pa ang pagbabalik ng aking
panginoon,' at sinimulan niyang bugbugin ang mga lalaki
at babaeng lingkod, at kakain at iinom, at malalasing, 46
ang panginoon ng lingkod na iyon ay darating sa araw na
hindi niya inaasahan, at sa oras na hindi niya nalalaman, at
siya ay pagpipira-pirasuhin at magtatalaga siya ng lugar
para sa kaniya kasama ang mga hindi tapat. 47 Ang lingkod
na iyon, na alam ang kalooban ng kaniyang panginoon
at hindi naging handa o ginawa ang ayon sa kaniyang
kalooban, ay mabubugbog nang madami. 48 Ngunit ang
hindi nakakaalam, at gumawa ng mga bagay na karapat-
dapat sa pagbugbog, ay mabubugbog nang kaunti. Ang lahat
ng binigyan ng marami, marami din ang hihingiin sa kaniya,
at ang pinagkatiwalaan ng marami, marami ang hihingiin
nila sa kaniya. 49 Pumarito ako upang magbaba ng apoy
sa mundo, at ninanais ko na ito ay magningas. 50 Ngunit
mayroon akong bautismo na kailangang danasin, at labis
akong namimighati hanggang sa ito ay matapos! 51 Iniisip ba
ninyo na ako ay naparito upang magdala ng kapayapaan sa
mundo? Hindi, sinasabi ko sa inyo, sa halip ay pagkabaha-
bahagi. 52 Dahil mula ngayon may lima sa isang tahanan
na magkakabaha-bahagi—tatlong tao laban sa dalawa at
dalawang tao laban sa tatlo. 53 Sila ay magkakabaha-
bahagi, ama laban sa anak na lalaki at anak na lalaki laban
sa ama; ina laban sa anak na babae at anak na babae
laban sa ina; ang biyenan na babae laban sa manugang
na babae at manugang na babae laban sa biyenan na
babae. 54 Sinasabi din ni Jesus sa napakaraming tao, "Kung
nakikita ninyong namumuo ang ulap sa kanluran, agad
ninyong sinasabi, 'May ulan na paparating', at gayon ang
nangyayari. 55 At kung iihip ang hangin sa timog, sinasabi
ninyo, 'Magkakaroon ng matinding init,' at ito ay nangyayari.
56 Mga mapagkunwari, alam ninyo kung paano ipakahulugan
ang anyo ng mundo at kalangitan, ngunit paanong hindi
ninyo alam bigyang-kahulugan ang kasalukuyang panahon?
57 Bakit hindi ninyo hatulan kung ano ang tama para sa
inyong mga sarili? 58 Sapagkat kung ikaw ay pupunta sa
harapan ng hukom kasama ang iyong kaaway, sa daan ay
sikapin mong ayusin ang hindi pagkakaintindihan sa kaniya
upang hindi ka niya kaladkarin sa hukom, upang hindi ka
dalhin ng hukom sa opisyal at hindi ka ilagay ng opisyal sa
bilangguan. 59 Sinasabi ko sa iyo, hindi ka makakalaya mula
doon hanggang mabayaran mo ang kahuli-hulihang salapi."

**13** Nang panahong iyon, sinabi sa kaniya ng ilang tao na
naroon ang tungkol sa mga taga-Galilea, na ang dugo
ng mga ito'y inihalo ni Pilato sa kanilang mga sariling alay. 2
Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, "Sa tingin ba ninyo
ay mas makasalanan ang mga taga-Galilea na ito kaysa
sa ibang mga taga-Galilea dahil nagdusa sila sa ganitong
paraan? 3 Hindi, sinasabi ko sa inyo. Ngunit kung hindi kayo
magsisisi, mamamatay kayong lahat sa ganoon ding paraan.
4 O iyong labing walong tao sa Siloam na nabagsakan ng
tore at namatay, sa tingin ba ninyo ay mas makasalanan
sila kaysa sa ibang tao sa Jerusalem? 5 Hindi, sinasabi ko.
Ngunit kung hindi kayo magsisisi, lahat kayo ay mamatay
din." 6 Sinabi ni Jesus ang talinghagang ito, "May isang taong
may isang puno ng igos na nakatanim sa kaniyang ubasan at
dumating siya at naghanap ng bunga nito ngunit wala siyang
matagpuan. 7 Sinabi niya sa hardinero, 'Tingnan mo, tatlong
taon na akong pumaparito, at sinubukang maghanap ng
bunga ng puno ng igos na ito ngunit wala akong natagpuan.
Putulin mo ito. Bakit hahayaang sayangin nito ang lupa?'
8 Sumagot ang hardinero at sinabi, 'Pabayaan mo muna
ito sa taong ito hanggang sa aking mahukayan ang palibot
nito at malagyan ito ng pataba. 9 Kung mamunga ito sa
susunod na taon, mabuti; ngunit kung hindi, putulin mo ito!'"
10 Ngayon, nagtuturo si Jesus sa isa sa mga sinagoga sa
Araw ng Pamamahinga. 11 Masdan, may isang babaeng
naroon na labing-walong taon nang may masamang espiritu
ng panghihina, at siya ay baluktot at hindi siya lubusang
makatayo. 12 Nang makita siya ni Jesus, tinawag niya ito at
sinabi, "Babae, napalaya ka na mula sa iyong panghihina."
13 Ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa babae, at
kaagad siyang naunat at niluwalhati niya ang Diyos. 14
Ngunit nagalit ang pinuno ng sinagoga dahil nagpagaling
si Jesus sa Araw ng Pamamahinga. Kaya sumagot ang
pinuno at sinabi sa maraming mga tao, "May anim na
araw kung saan kinakailangang magtrabaho. Pumarito kayo
at mapagaling sa mga araw na iyon, huwag sa Araw ng
Pamamahinga." 15 Sinagot siya ng Panginoon at sinabi,
"Mga mapagkunwari! Hindi ba kinakalag ng bawat isa sa
inyo ang tali ng kaniyang asno o baka mula sa sabsaban
nito upang painumin sa Araw ng Pamamahinga? 16 Kaya
ito ring babaeng anak ni Abraham, na labing-walong taon
nang iginapos ni Satanas, hindi ba nararapat kalagan ang
kaniyang gapos sa Araw ng Pamamahinga?" 17 Nang sinabi
niya ang mga bagay na ito, lahat ng sumalungat sa kaniya
ay napahiya, ngunit nagagalak ang maraming tao sa mga
maluwalhating bagay na kaniyang ginawa. 18 At sinabi ni
Jesus, "Ano ang katulad ng kaharian ng Diyos, at ano ang
maaari kong ihambing dito? 19 Ito ay tulad ng isang buto
ng mustasa na kinuha ng isang tao at inihagis sa kaniyang
halamanan, at ito ay tumubo at naging isang malaking puno,
at namugad sa mga sanga nito ang mga ibon sa langit." 20
Muli, sinabi niya, "Saan ko maaaring ihambing ang salita
ng Diyos? 21 Ito ay tulad ng lebadura na kinuha ng isang
babae at inihalo sa tatlong takal ng harina hanggang sa

ito ay umalsa.” 22 Binisita ni Jesus ang bawat bayan at
baryo sa daan patungong Jerusalem at tinuruan sila. 23 May
nagsabi sa kaniya, “Panginoon, kakaunti lamang bang tao
ang maliligtas?” Kaya sinabi niya sa kanila, 24 “Pagsikapan
ninyong pumasok sa makipot na pintuan, dahil marami ang
susubok ngunit hindi sila makakapasok. 25 Kapag tumayo
na ang may-ari ng bahay at isinara ang pintuan, at kayo
ay tatayo sa labas at kakalabugin ang pinto at sasabihin,
'Panginoon, Panginoon, papasukin mo kami.' At siya ay
sasagot at sasabihin sa inyo, 'Hindi ko kayo kilala o kung
taga-saan kayo.' 26 Pagkatapos ay inyong sasabihin, 'Kami
ay kumain at uminom sa iyong harapan at nagturo ka sa
aming mga lansangan.' 27 Ngunit sasagot siya, 'Sinasabi ko
sa inyo, hindi ko alam kung taga-saan kayo. Lumayo kayo sa
akin, kayong mga gumagawa ng masama!' 28 Magkakaroon
ng pagnanangis at pagngangalit ng ngipin kapag nakita
ninyo sina Abraham, Isaac, Jacob at ang lahat ng propeta sa
kaharian ng Diyos, ngunit kayo—kayo ay itinapon sa labas.
29 Darating sila mula sa silangan, kanluran, hilaga, at timog
at sila ay uupo sa hapag-kainan sa kaharian ng Diyos. 30 At
alamin ninyo ito, ang mga pinakahuli ay ang mga una, at
ang una ay magiging huli.” 31 Hindi nagtagal, may ilang
mga Pariseong dumating at sinabi sa kaniya, “Pumunta
ka at umalis dito dahil nais kang patayin ni Herodes.” 32
Sinabi ni Jesus, “Pumunta kayo at sabihin sa asong-gubat
na iyon, 'Tingnan mo, nagpapalayas ako ng mga demonyo at
nagpapagaling ako ngayon at bukas, at sa ikatlong araw ay
maaabot ko ang aking layunin.' 33 Gayunman, kinakailangan
na ako ay magpatuloy ngayon, bukas at sa susunod na araw,
sapagkat hindi katanggap-tanggap na pumatay ng isang
propeta sa labas ng Jerusalem. 34 Jerusalem, Jerusalem, na
pumapatay ng mga propeta at bumabato sa mga ipinadala
sa iyo. Kaydalas kong ninais na tipunin ang iyong mga anak
tulad ng pagtitipon ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw
sa ilalim ng kaniyang mga pakpak, ngunit hindi mo ito ninais.
35 Tingnan mo, iniwan ang iyong bahay. Sinasabi ko sa iyo,
hindi mo ako makikita hanggang sabihin mo, 'Pinagpala siya
na dumarating sa pangalan ng Panginoon.'”

**14** Nangyari sa isang Araw ng Pamamahinga, nang
pumunta si Jesus sa bahay ng isa sa mga pinuno ng
mga Pariseo upang kumain ng tinapay, na minamanmanan
nila si Jesus. 2 Masdan ito, doon sa kaniyang harapan
ay may isang lalaking nagdurusa dahil sa pamamanas. 3
Tinanong ni Jesus ang mga dalubhasa sa kautusan ng Judio
at ang mga Pariseo, “Naaayon ba sa batas na magpagaling
sa Araw ng Pamamahinga o hindi?” 4 Ngunit nanatili silang
tahimik. Kaya hinawakan siya ni Jesus, pinagaling siya at
pinaalis. 5 Sinabi niya sa kanila, “Sino sa inyo ang may
isang lalaking anak o isang baka na kapag mahulog sa balon
sa Araw ng Pamamahinga, ang hindi kaagad mag-aahon
sa kaniya?” 6 Hindi sila nakapagbigay ng sagot sa mga
bagay na ito. 7 Nang mapansin ni Jesus kung paano pinili
ng mga inanyayahan ang mga upuang pandangal, nagsabi
siya ng isang talinghaga, sinasabi sa kanila, 8 “Kapag
inanyayahan ka ng isang tao sa isang kasalan, huwag kang
umupo sa mga upuang pandangal dahil maaaring may
isang taong naanyayahan na mas pinararangalan kaysa sa
iyo. 9 Kapag dumating ang taong nag-anyaya sa inyong
dalawa, sasabihin niya sa iyo, 'Ibigay mo sa taong ito ang
iyong upuan,' at sa kahihiyan lilipat ka sa kababababaang
dako. 10 Ngunit kapag ikaw ay inanyayahan, pumunta ka
at umupo sa kababababaang dako, upang kung dumating
ang taong nag-anyaya sa iyo, maaari niyang sabihin sa
iyo, 'Kaibigan, lumipat ka sa mas mataas.' At ikaw ay
mapararangalan sa harapan ng lahat ng kasalo mo sa
hapag. 11 Sapagkat ang bawat nagmamataas ay maibababa
at siya na nagpapakababa ay maitataas. 12 Sinabi rin ni
Jesus sa taong nag-anyaya sa kaniya, “Kapag naghanda
ka ng pananghalian o hapunan, huwag mong anyayahan
ang iyong mga kaibigan, o ang iyong mga kapatid, o ang
iyong mga kamag-anak o ang mga mayayaman mong kapit-
bahay, sapagkat maaari ka din nilang anyayahan at ikaw
ay mababayaran. 13 Ngunit kapag ikaw ay maghahanda
ng salu-salo, anyayahan mo ang mga mahihirap, ang mga
lumpo, ang mga pilay, at ang mga bulag, 14 at ikaw ay
pagpapalain dahil hindi ka nila mababayaran. Sapagkat ikaw
ay mababayaran sa muling pagkabuhay ng mga matuwid.”
15 Nang marinig ng isa sa mga taong kasalo ni Jesus ang
mga bagay na ito, sinabi niya kay Jesus, “Pinagpala siya
na kakain ng tinapay sa kaharian ng Diyos!” 16 Ngunit
sinabi ni Jesus sa kaniya, “May isang taong naghanda ng
malaking hapunan at inanyayahan ang marami. 17 Nang
maihanda na ang hapunan, inutusan niya ang kaniyang
utusan na sabihin sa mga naanyayahan, 'Halikayo, dahil
nakahanda na ang lahat.' 18 Silang lahat ay pare-parehong
nagsimulang magdahilan. Sabi ng una sa kaniya, 'Bumili
ako ng bukid at kinakailangan kong umalis at tingnan ito.'
Pakiusap ipagpaumanhin mo ako.' 19 At sinabi naman ng
isa, 'Bumili ako ng limang pares na baka, at pupunta ako
upang subukan ang mga ito. Pakiusap ipagpaumanhin mo
ako.' 20 At sabi naman ng isang lalaki, 'Kakakasal ko pa
lamang sa aking asawa, at kaya hindi ako makakadalo.' 21
Dumating ang utusan at sinabi sa kaniyang panginoon ang
mga bagay na ito. Pagkatapos, nagalit ang panginoon ng
bahay at sinabi sa kaniyang utusan, 'Bilisan mo, pumunta ka
sa mga kalye at sa mga daanan ng lungsod at dalhin mo dito
ang mga mahihirap, ang mga bulag, at ang mga pilay.' 22
Sinabi ng utusan, 'Panginoon, ang iyong iniutos ay nagawa

na, ngunit mayroon pa ring silid.' 23 Sinabi ng panginoon sa
utusan, 'Pumunta ka sa mga kalsada at sa mga bakuran
at pilitin mo silang pumasok, upang mapuno ang aking
bahay. 24 Sapagkat sinasabi ko sa iyo, wala sa mga taong
naunang naanyayahan ang makakatikim ng aking hapunan.'"
25 Ngayon maraming tao ang sumasama sa kaniya, at
bumaling siya at sinabi sa kanila, 26 "Kung sinuman ang
lumapit sa akin at hindi namumuhi sa kaniyang sariling ama,
ina, asawa, anak, mga kapatid—oo, at pati ang kaniyang
sariling buhay—hindi siya maaaring maging alagad ko. 27
Ang sinumang hindi magbubuhat ng kaniyang sariling krus
at sumunod sa akin ay hindi maaaring maging alagad ko. 28
Sapagkat sino sa inyo, ang naghahangad na magtayo ng
isang tore, ang hindi muna mauupo at bibilangin ang gastos
upang kuwentahin kung nasa kaniya ang mga kailangan niya
upang ito ay tapusin? 29 Kung hindi, kapag nagtayo siya ng
pundasyon at hindi ito natapos, sisimulan siyang kutyain ng
lahat ng mga makakakita nito, 30 sinasabi, 'Ang taong ito ay
nagsimulang magtayo at hindi niya natapos.' 31 O anong
hari, sa kaniyang pagpunta upang sagupain sa digmaan
ang isa pang hari, ang hindi muna mauupo at hihingi ng
payo kung kaya ba niya kasama ang sampung libong tao na
labanan ang isa pang hari na dumarating laban sa kaniya na
may kasamang dalawampung libong tao? 32 At kung hindi,
habang malayo pa ang hukbo na iyon, magpapadala siya ng
kinatawan at hihingi ng mga kailangan sa pagkakasundo. 33
Kaya, hindi maaaring maging alagad ko ang sinuman sa
inyo na hindi magsusuko ng lahat ng nasa kaniya. 34 Ang
asin ay mabuti, ngunit kung nawala ang lasa ng asin, paano
ito magiging maalat muli? 35 Ito ay wala nang pakinabang
sa lupa o kahit pa sa tumpok ng dumi. Itinatapon ito. Siya na
may tainga upang makarinig, makinig."

15 Ngayon, ang lahat ng mga maniningil ng buwis at
iba pang mga makasalanan ay lumalapit kay Jesus
upang makinig sa kaniya. 2 Nagbulung-bulungan ang mga
Pariseo at mga eskriba sa isa't isa, sinasabi, "Malugod na
tinatanggap ng taong ito ang mga makasalanan, at kumakain
pa kasama nila." 3 Sinabi ni Jesus ang talinghagang ito
sa kanila, sinasabi, 4 "Sino sa inyo, kung mayroon siyang
isang daang tupa at pagkatapos nawala ang isa sa kanila,
ang hindi iiwanan ang siyamnapu't siyam sa ilang, at
hahanapin ang nawawala hanggang sa matagpuan niya
ito? 5 Pagkatapos, kapag natagpuan niya ito, pinapasan
niya ito sa kaniyang mga balikat at nagagalak. 6 Pagdating
niya sa bahay, tinitipon niya ang kaniyang mga kaibigan
at mga kapitbahay, sinasabi sa kanila, 'Makisaya kayo
sa akin, sapagkat natagpuan ko ang aking nawawalang
tupa.' 7 Sinasabi ko sa inyo na gayon din, magkakaroon ng
kagalakan sa langit sa isang makasalanang nagsisisi, higit pa
sa siyamnapu't siyam na taong matuwid na hindi kailangang
magsisi. 8 O sinong babaing may sampung pilak na barya,
kung mawalan siya ng isang barya, ang hindi magsisindi ng
ilawan, magwawalis sa bahay, at masikap na maghahanap
hanggang sa matagpuan niya ito? 9 At kapag natagpuan
niya ito, tinitipon niya ang kaniyang mga kaibigan at mga
kapitbahay, sinasabi, 'Makisaya kayo sa akin, sapagkat
natagpuan ko ang baryang nawala ko.' 10 Gayon din,
sinasabi ko sa inyo, may kagalakan sa kinaroroonan ng
mga anghel ng Diyos sa isang makasalanang nagsisisi.
11 Pagkatapos, sinabi ni Jesus, "May isang lalaking may
dalawang lalaking anak, 12 at sinabi ng nakababata sa
kanila sa kaniyang ama, 'Ama, ibigay mo na sa akin ngayon
ang ari-arian na nararapat na manahin ko.' Kaya hinati niya
ang kaniyang kayamanan sa pagitan nila. 13 Pagkaraan ng
ilang mga araw, tinipon ng nakababatang anak ang lahat ng
kaniyang pag-aari at pumunta sa isang malayong bansa,
at doon ay winaldas niya ang kaniyang pera sa pagbili
ng mga bagay na hindi niya kailangan, at pag-aaksaya
ng kaniyang pera sa masamang pamumuhay. 14 Ngayon,
nang naubos na niya ang lahat, matinding taggutom ang
lumaganap sa buong bansang iyon, at siya ay nagsimulang
mangailangan. 15 Siya ay pumunta at namasukan sa isa
sa mga mamamayan ng bansang iyon, na nagpapunta sa
kaniya sa kaniyang bukirin upang magpakain ng mga baboy.
16 At nais na sana niyang kainin ang mga balat ng buto na
kinakain ng mga baboy dahil walang nagbigay sa kaniya
ng anumang makakain. 17 Ngunit nang nakapag-isip-isip
ang nakababatang anak, sinabi niya, 'Napakaraming mga
upahang utusan ng aking ama ang may higit pa sa sapat
na pagkain, at ako ay nandito, namamatay sa gutom! 18
Aalis ako rito at pupunta sa aking ama, at sasabihin ko sa
kaniya, "Ama, ako ay nagkasala laban sa langit at sa iyong
paningin. 19 Hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak
mo; gawin mo akong isa sa iyong mga upahang utusan."'
20 Kaya umalis ang nakababatang anak at pumunta sa
kaniyang ama. Habang siya ay malayo pa, nakita siya ng
kaniyang ama, at siya ay nahahabag, at tumakbo, at niyakap
at hinagkan siya. 21 Sinabi ng anak sa kaniya, "Ama, ako
ay nagkasala laban sa langit at sa iyong paningin. Hindi
ako karapat-dapat na tawaging anak mo." 22 Sinabi ng
ama sa kaniyang mga utusan, 'Kunin ninyo kaagad ang
pinakamagandang balabal, at isuot sa kaniya, at lagyan ng
sing-sing ang kaniyang kamay, at sandalyas ang kaniyang
mga paa. 23 Pagkatapos, dalhin ninyo dito ang pinatabang
guya at katayin. Tayo ay magsikain at magdiwang. 24
Sapagkat ang anak ko ay namatay, at ngayon siya ay
nabuhay. Siya ay nawala, at ngayon siya ay natagpuan.' At
sila ay nagsimulang magdiwang. 25 Sa panahong iyon, ang

kaniyang nakatatandang anak ay nasa bukid. Nang siya ay dumating at palapit na sa bahay, narinig niya ang tugtugan at sayawan. 26 Tinawag niya ang isa sa mga utusan at tinanong kung ano ang mga bagay na ito. 27 Sinabi ng utusan sa kaniya, 'Dumating ang iyong kapatid at nagpakatay ang iyong ama ng pinatabang guya, dahil nakabalik siya nang ligtas.' 28 Nagalit ang nakatatandang anak, at ayaw niyang pumasok, at lumabas ang kaniyang ama, at pinakiusapan siya. 29 Ngunit sumagot ang nakatatandang anak at sinabi sa kaniyang ama, 'Tingnan mo, nagpa-alipin ako sa iyo sa loob ng maraming taon, at kailanman ay hindi ako sumuway sa iyong utos, ngunit kailanman ay hindi mo ako binigyan ng isang batang kambing upang magdiwang ako kasama ng aking mga kaibigan, 30 ngunit nang dumating ang iyong anak, na umubos ng iyong kabuhayan sa mga babaing nagbebenta ng aliw, nagpakatay ka ng pinatabang guya para sa kaniya.' 31 Sinabi ng ama sa kaniya, 'Anak, lagi kitang kasama, at lahat ng sa akin ay sa iyo. 32 Ngunit dapat lang na tayo ay magdiwang at maging masaya, sapagkat ang kapatid mong ito ay namatay, at ngayon ay nabuhay; siya ay nawala, at ngayon ay natagpuan.'"

16 Sinabi rin ni Jesus sa mga alagad, "May isang mayamang lalaki na may tagapamahala, at isinumbong sa kaniya na nilulustay ng tagapamahalang ito ang kaniyang pag-aari. 2 Kaya pinatawag siya ng mayamang lalaki at sinabi sa kaniya, 'Ano itong naririnig ko tungkol sa iyo? Magbigay-ulat ka ng iyong pamamahala, dahil ka na maaaring maging tagapamahala.' 3 Sinabi ng tagapamahala sa kaniyang sarili, 'Anong gagawin ko, dahil aalisin sa akin ng amo ko ang pagiging tagapamahala? Wala akong lakas na magbungkal, at nahihiya akong magpalimos. 4 Alam ko na ang aking gagawin, para kapag natanggal ako sa pagiging tagapamahala, malugod akong tatanggapin ng mga tao sa kanilang mga bahay.' 5 At tinawag ng tagapamahala ang mga tao na may utang sa kaniyang amo, at tinanong niya ang una, 'Magkano ang utang mo sa amo ko?' 6 Sinabi niya, 'Isang daang takal na langis ng olibo'. At sinabi niya sa kaniya, 'Kunin mo ang iyong kasulatan, umupo kang madali at isulat mong limampu.' 7 At sinabi ng tagapamahala sa isa pa, 'Magkano ang utang mo?' Sumagot siya, 'Isang daang takal ng trigo.' Sinabi niya sa kaniya, 'Kunin mo ang iyong kasulatan at isulat mong walumpu.' 8 At pinuri ng amo ang hindi makatarungang tagapamahala dahil kumilos siya nang may katusuhan. Sapagkat ang mga anak ng mundong ito ay mas tuso sa pakikitungo sa kanilang sariling tao kaysa mga anak ng liwanag. **(aiōn g165)** 9 Sinasabi ko sa inyo, makipagkaibigan kayo sa pamamagitan ng perang hindi makatarungan, para kapag ito ay naubos na, maaari ka nilang tanggapin sa walang hanggang tirahan. **(aiōnios g166)** 10 Ang tapat sa kakaunti ay tapat din sa marami, at ang hindi makatarungan sa kakaunti ay hindi rin makatarungan sa marami. 11 Kung hindi ka naging tapat sa paggamit ng perang hindi makatarungan, sino ang magtitiwala sa iyo ng tunay na kayamanan? 12 At kung hindi ka naging tapat sa paggamit sa pera ng ibang tao, sino ang magbibigay sa iyo ng sarili mong pera? 13 Walang lingkod ang magkapaglilingkod sa dalawang amo, sapagkat kasusuklaman niya ang isa at mamahalin niya ang isa, o magiging tapat siya sa isa at kamumuhian niya ang isa. Hindi ninyo maaaring paglingkuran ang Diyos at ang kayamanan." 14 Ngayon ang mga Pariseo, na mangingibig ng pera, ay narinig ang lahat ng mga ito, at siya ay kanilang kinutya. 15 At sinabi niya sa kanila, "Pinapawalang-sala ninyo ang inyong mga sarili sa paningin ng mga tao, ngunit nalalaman ng Diyos ang inyong mga puso. Ang siya na dinadakila ng mga tao ay kasuklam-suklam sa paningin ng Diyos. 16 Ang kautusan at ang mga propeta ang umiiral hanggang sa dumating si Juan. Mula noon, ipinangaral ang ebanghelyo ng kaharian ng Diyos, at ang lahat ay sinusubukang pumasok nang pilit doon. 17 Ngunit mas madaling maglaho ang langit at lupa kaysa mawalan ng bisa ang isang kudlit ng isang letra ng kautusan. 18 Ang bawat taong hinihiwalayan ang kaniyang asawang babae at mag-asawa ng iba ay gumagawa ng pangangalunya, at ang mag-asawa sa babaing hiwalay sa kaniyang asawa ay magkakasala ng pangangalunya. 19 Ngayon, may isang mayamang lalaki na nakadamit ng kulay lila na gawa sa pinong lino, at araw-araw nagsasaya sa kaniyang labis na kayamanan. 20 May isang pulubi na nagngangalang Lazarus na pinahiga sa kaniyang tarangkahan na lipos ng sugat, 21 at inaasam-asam niyang kainin ang nahuhulog sa mesa ng mayamang tao—at maliban doon, lumapit ang mga aso at dinilaan ang kaniyang mga sugat. 22 At nangyari na namatay ang pulubi at dinala ng mga anghel sa kinaroroonan ni Abraham. Namatay din ang mayamang tao at inilibing, 23 at doon sa hades, sa kaniyang pagdurusa, tumingala siya at nakita si Abraham sa malayo at si Lazarus na nasa tabi niya. **(Hadēs g86)** 24 At sumigaw siya at sinabi, 'Amang Abraham, maawa ka sa akin at papuntahin mo si Lazarus, upang isawsaw niya ang dulo ng kaniyang daliri sa tubig at palamigin ang aking dila, dahil naghihirap ako sa apoy na ito.' 25 Ngunit sinabi ni Abraham, 'Anak, alalahanin mo na sa buong buhay mo, natanggap mo ang mga magagandang bagay, at si Lazaro sa ganoon ding paraan ay masasamang bagay. Ngunit ngayon, siya ay inaaliw dito, at ikaw ay nagdurusa. 26 At maliban sa lahat ng ito, may malaking bangin na nakalagay upang ang mga gustong tumawid mula rito papunta sa iyo ay hindi makakatawid, at wala ring

makakatawid mula riyan papunta sa amin.' 27 At sinabi ng
mayamang tao, 'Nagmamakaawa ako, Amang Abraham, na
papuntahin mo siya sa bahay ng aking ama— 28 sapagkat
ako ay may limang kapatid na lalake—upang balaan niya
sila, dahil baka pumunta rin sila sa lugar na ito ng pagdurusa.'
29 Ngunit sinabi ni Abraham, 'Nasa kanila si Moises at mga
propeta; makinig sila sa kanila.' 30 Sumagot ang mayamang
tao, 'Hindi, Amang Abraham, ngunit kung may pumunta sa
kanila mula sa mga patay, magsisisi sila.' 31 Ngunit sinabi ni
Abraham sa kaniya, 'Kung hindi sila makikinig kay Moises
at sa mga propeta, hindi rin sila mahihikayat kung may
mabuhay mula sa mga patay.". /.

17 Sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, "Tiyak na
darating ang mga bagay na magiging dahilan upang
tayo ay magkasala, ngunit aba sa taong pagmumulan ng
mga ito! 2 Mas mabuti pa sa kaniya kung bitinan ang
kaniyang leeg ng isang gilingang bato at ihagis siya sa dagat,
kaysa maging sanhi ng pagkakatisod ng maliliit na ito. 3
Mag-ingat kayo. Kung nagkasala ang iyong kapatid na lalaki,
sawayin mo siya, at kung siya ay nagsisi, patawarin mo siya.
4 Kapag nagkasala siya laban sa iyo ng pitong beses sa
isang araw, at pitong beses na bumalik sa iyo, sinasabi,
'Nagsisisi ako,' dapat mo siyang patawarin!" 5 Sinabi ng
mga apostol sa Panginoon, "Dagdagan mo ang aming
pananampalataya." 6 Sinabi ng Panginoon, "Kung may
pananampalataya kayo na tulad ng isang butil ng mustasa,
sasabihin ninyo sa puno ng sicamorong ito, 'Mabunot ka, at
matanim sa dagat,' at kayo ay susundin nito. 7 Ngunit sino
sa inyo, na may lingkod na nag-aararo o nag-aalaga ng tupa,
ang magsasabi sa kaniya kapag nakabalik na siya mula sa
bukid, 'Pumarito ka kaagad at umupo upang kumain'? 8 Hindi
ba niya sasabihin sa kaniya, 'Maghanda ka ng kakainin ko,
magbigkis ka at pagsilbihan mo ako hanggang sa matapos
akong kumain at uminom. At pagkatapos, kumain ka at
uminom'? 9 Hindi siya nagpapasalamat sa lingkod dahil
ginawa niya ang mga bagay na iniutos, nagpapasalamat ba
siya? 10 Ganoon din kayo, kapag nagawa ninyo ang lahat
ng bagay na iniutos sa inyo, dapat ninyong sabihin, 'Hindi
kami karapat-dapat na mga lingkod. Ginawa lang namin
ang dapat naming gawin.'" 11 Nangyari na habang sila ay
nasa daan patungong Jerusalem, siya ay naglalakbay sa
lupaing pagitan ng Samaria at Galilea. 12 At sa kaniyang
pagpasok sa isang nayon, doon ay sinalubong siya ng
sampung lalaking ketongin. Tumayo sila nang malayo sa
kaniya 13 at nilakasan nila ang kanilang tinig, sinasabi,
"Jesus, Amo, maawa ka sa amin." 14 Nang makita niya sila,
sinabi niya sa kanila, "Pumunta kayo at ipakita ninyo ang
inyong mga sarili sa mga pari." At nangyari nga na habang
sila ay papunta, sila ay nalinisan. 15 Nang makita ng isa sa
kanila na gumaling siya, bumalik siya nang may malakas na
tinig na niluluwalhati ang Diyos. 16 Yumuko siya sa paanan
ni Jesus, nagpapasalamat sa kaniya. Isa siyang Samaritano.
17 Sumagot si Jesus, sinabi, "Hindi ba sampu ang nilinis?
18 Nasaan ang siyam? Wala bang ibang bumalik upang
luwalhatiin ang Diyos, maliban sa dayuhang ito?" 19 Sinabi
niya sa kaniya, "Tumayo ka, at humayo. Pinagaling ka ng
iyong pananampalataya." 20 Nang naitanong sa kaniya ng
mga Pariseo kung kailan darating ang kaharian ng Diyos,
sinagot sila ni Jesus at sinabi, "Ang kaharian ng Diyos
ay hindi isang bagay na mapagmamasdan. Ni hindi nila
sasabihin, 21 'Tumingin kayo rito!' o, 'Tumingin kayo roon!'
dahil ang kaharian ng Diyos ay nasa inyo." 22 Sinabi ni
Jesus sa mga alagad, "Darating ang mga araw na nanaisin
ninyong makita ang isa sa mga araw ng Anak ng Tao, ngunit
hindi ninyo ito makikita. 23 Sasabihin nila sa inyo, 'Tingnan
ninyo, naroon!' o, 'Tingnan ninyo, narito!' Ngunit huwag
kayong pumunta, ni sumunod sa kanila, 24 sapagkat gaya
ng paglitaw ng kidlat kapag ito ay kumislap buhat sa isang
panig ng kalangitan tungo sa ibang panig ng kalangitan,
gayon din naman ang Anak ng Tao sa kaniyang araw. 25
Ngunit kailangan muna niyang magdusa ng labis at itakwil ng
salinlahing ito. 26 Katulad ng nangyari sa panahon ni Noe,
gayon din ang mangyayari sa mga araw ng Anak ng Tao. 27
Nagsisikain sila, nagsisiinom, nagsisipag-asawa at ibinibigay
sila upang mag-asawa, hanggang sa araw na pumasok sa
arko si Noe—at dumating ang baha at pinatay silang lahat.
28 Gayon din naman, katulad ng nangyari sa panahon ni Lot,
sila ay nagsisikain, nagsisiinom, nagsisibili, nagsisitinda,
nagsisipagtanim at sila ay nagsisipatayo ng gusali. 29 Ngunit
nang araw na lumabas mula sa Sodoma si Lot, umulan ng
apoy at asupre mula sa langit, at pinuksa silang lahat. 30
Ganoon din naman ang mangyayari sa araw na maihayag
ang Anak ng Tao. 31 Sa araw na iyon, ang nasa taas ng
bahay ay huwag nang bumaba upang ilabas ang kaniyang
mga kagamitan sa bahay. At ang nasa bukid ay huwag nang
bumalik. 32 Alalahanin ninyo ang asawa ni Lot. 33 Sinumang
naghahangad na iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan
nito, ngunit ang sinumang mawalan ng kaniyang buhay ay
makapagliligtas nito. 34 Sinasabi ko sa inyo, sa gabing iyon
ay mayroong dalawang tao sa isang higaan. Ang isa ay
kukunin, at ang isa ay iiwan. 35 Mayroong dalawang babae
ang magkasamang gigiling. Ang isa ay kukunin at ang isa ay
iiwan." 36 (Mayroong dalawang tao sa bukid, ang isa ay
kukunin at ang isa ay iiwan.) 37 Tinanong nila sa kaniya,
"Saan, Panginoon?" At sinabi niya sa kanila, "Kung saan
naroon ang bangkay, doon din nagtitipon ang mga buwitre."

18 Pagkatapos, sinabi niya ang isang talinghaga sa kanila
tungkol sa kung paano sila dapat laging manalangin, at

huwag panghinaan ng loob, 2 sinasabi, “Sa isang lungsod,
may isang hukom na hindi natatakot sa Diyos at hindi niya
iginagalang ang mga tao. 3 Ngayon may isang babaeng balo
sa lungsod na iyon, at madalas itong pumupunta sa kaniya,
sinasabi, 'Tulungan mo akong makamit ang katarungan laban
sa aking kaaway.' 4 Sa loob ng mahabang panahon hindi niya
ito nais na tulungan, ngunit pagkatapos ng maikling panahon,
sinabi niya sa kaniyang sarili, 'Bagaman hindi ako natatakot
sa Diyos o hindi ko iginagalang ang tao, 5 ngunit dahil
ginagambala ako ng balong ito, tutulungan ko siyang makamit
ang katarungan, upang hindi niya ako pagurin sa kaniyang
palagiang pagpunta rito.'” 6 Pagkatapos sinabi ng Panginoon,
“Pakinggan ninyo ang sinabi ng hindi makatarungang hukom.
7 Ngayon, hindi ba ibibigay din ng Diyos ang katarungan
sa kaniyang mga hinirang na dumaraing sa kaniya araw
at gabi? Hindi ba siya magiging matiyaga sa kanila? 8
Sinasabi ko sa inyo na agad niyang dadalhin ang katarungan
sa kanila. Ngunit kapag dumating ang Anak ng Tao, may
matatagpuan ba siyang pananampalataya sa lupa?” 9
At sinabi din niya ang talinghagang ito sa mga taong
nagsasabi sa kanilang mga sarili na sila ay matuwid at
humahamak sa ibang tao, 10 “Dalawang lalaki ang pumunta
sa templo upang manalangin—ang isa ay Pariseo at ang isa
naman ay maniningil ng buwis. 11 Tumayo ang Pariseo at
ipinanalangin ang mga bagay na ito tungkol sa kaniyang
sarili, 'Diyos, nagpapasalamat ako sa iyo dahil hindi ako
katulad ng ibang taong magnanakaw, mga hindi matuwid,
mga mangangalunya, o tulad ng maniningil ng buwis na
ito. 12 Nag-aayuno ako ng dalawang beses bawat linggo.
Ibinibigay ko ang ikapu ng lahat ng aking nakukuha.' 13
Ngunit ang maniningil ng buwis, na nakatayo sa di-kalayuan,
ayaw man lang tumingin sa langit, ngunit dinadagukan niya
ang kaniyang dibdib, sinasabi, 'Diyos, kaawaan mo ako, na
isang makasalanan.' 14 Sinasabi ko sa inyo, umuwi ang
taong ito sa kaniyang bahay na napawalang-sala kaysa sa
isa, dahil maibababa ang bawat taong nagmamataas ng
kaniyang sarili at maitataas ang bawat taong nagpapakababa
ng kaniyang sarili.” 15 Dinadala rin ng mga tao kay Jesus ang
kanilang mga sanggol, upang sila ay kaniyang mahawakan,
ngunit nang makita ito ng mga alagad, sinaway nila ang mga
ito, 16 Ngunit pinalapit sila ni Jesus sa kaniya, sinasabi,
“Payagan ninyo ang mga maliliit na bata na lumapit sa akin
at huwag ninyo silang pagbawalan. Sapagkat ang kaharian
ng Diyos ay nauukol sa mga gaya nila. 17 Totoo, sinasabi
ko sa inyo, ang sinumang hindi tatanggap sa kaharian ng
Diyos na tulad ng isang bata ay tiyak na hindi makapapasok
doon.” 18 Isang pinuno ang nagtanong sa kaniya, sinasabi,
“Mabuting guro, ano ang kailangan kong gawin upang
magmana ng buhay na walang hanggan?” **(aiōnios g166)**
19 Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Bakit mo ako tinatawag
na mabuti? Walang mabuti, kundi ang Diyos lamang. 20
Alam mo ang mga kautusan—huwag kang mangalunya,
huwag kang pumatay, huwag kang magnakaw, huwag kang
magpatotoo ng kasinungalingan, igalang mo ang iyong ama
at ina.” 21 Sinabi ng pinuno, “Sinunod ko ang lahat ng
bagay na ito mula pa sa aking pagkabata.” 22 Nang marinig
iyon ni Jesus, sinabi niya sa kaniya, “Isang bagay pa ang
kulang sa iyo. Dapat mong ipagbili ang lahat ng mayroon ka
at ipamahagi mo ito sa mga mahihirap, at magkakaroon
ka ng kayamanan sa langit—at halika, sumunod ka sa
akin.” 23 Ngunit nang marinig ng mayamang lalaki ang mga
bagay na ito, labis siyang nalungkot, sapagkat napakayaman
niya. 24 Habang tinitingnan siya ni Jesus, lubha siyang
nalungkot at sinabi, “Gaano na lamang kahirap para sa
mga mayayaman na pumasok sa kaharian ng Diyos! 25
Sapagkat mas madali para sa isang kamelyo na pumasok sa
butas ng isang karayom, kaysa sa isang taong mayaman na
pumasok sa kaharian ng Diyos.” 26 Sinabi ng mga nakarinig
nito, “Kung ganoon sino ang maliligtas?” 27 Sumagot si
Jesus, “Ang mga bagay na hindi magagawa ng mga tao
ay magagawa ng Diyos.” 28 Sinabi ni Pedro, “Tingnan mo,
iniwan namin ang lahat ng aming pag-aari at sumunod sa
iyo.” 29 Kaya sinabi ni Jesus sa kanila, “Totoo, sinasabi ko
sa inyo na walang sinumang nag-iwan ng kaniyang bahay, o
asawang babae, o mga kapatid na lalaki, o mga magulang,
o mga anak, para sa kapakanan ng kaharian ng Diyos, 30
ang hindi makatatanggap ng mas marami sa mundong ito
at sa mundong darating, ng buhay na walang hanggan.”
**(aiōn g165, aiōnios g166)** 31 Pagkatapos niyang tipunin ang
Labindalawa, sinabi niya sa kanila, “Masdan ninyo, paakyat
tayo sa Jerusalem, at ang lahat ng bagay na isinulat ng mga
propeta tungkol sa Anak ng Tao ay matutupad. 32 Sapagkat
ibibigay siya sa mga Gentil, at kukutyain, at ipapahiya, at
duduraan. 33 Pagkatapos siyang hagupitin, siya ay papatayin
nila at sa ikatlong araw muli siyang mabubuhay.” 34 Wala
silang naunawaan sa mga bagay na ito, at ang salitang ito
ay lingid sa kanila, at hindi nila naunawaan ang mga bagay
na nasabi. 35 At nangyari, nang palapit si Jesus sa Jerico,
may isang bulag na lalaking nakaupo sa tabi ng kalsada
na namamalimos, 36 at nang narinig niya ang maraming
tao na dumaraan, tinanong niya kung ano ang nangyayari.
37 Sinabi nila sa kaniya na dumaraan si Jesus na taga-
Nazaret. 38 Kaya sumigaw ang bulag na lalaki, sinasabi,
“Jesus, anak ni David, maawa ka sa akin.” 39 Sinaway ng
mga naunang naglalakad ang bulag na lalaki, sinasabi sa
kaniya na manahimik. Ngunit lalo pa siyang sumigaw, “Anak
ni David, maawa ka sa akin.” 40 Huminto si Jesus at iniutos
na dalhin sa kaniya ang lalaki. At nang malapit na ang

bulag na lalaki, tinanong siya ni Jesus, 41 “Ano ang gusto
mong gawin ko sa iyo?” Sinabi niya, “Panginoon, gusto kong
makakita.” 42 Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Tanggapin mo ang
iyong paningin. Pinagaling ka ng iyong pananampalataya.”
43 Kaagad niyang natanggap ang kaniyang paningin, at
sumunod sa kainya na niluluwalhati ang Diyos. Pagkakita
nito, nagbigay ng papuri ang lahat ng tao sa Diyos.

19 Pumasok si Jesus at dumaraan sa Jerico. 2 Masdan
ninyo, mayroong lalaki doon na nagngangalang Zaqueo.
Siya ay isang pinuno ng mga maniningil ng buwis at siya ay
mayaman. 3 Sinusubukan niyang makita kung sino si Jesus,
ngunit hindi niya makita sa dami ng tao, dahil siya ay maliit.
4 Kaya tumakbo siya sa unahan ng mga tao at umakyat sa
isang puno ng sikamoro upang makita siya, dahil daraan
si Jesus sa daang iyon. 5 Nang makarating si Jesus sa
dakong iyon, tumingala siya at sinabi sa kaniya, “Zaqueo,
bumaba ka agad, sapagkat sa araw na ito, kinakailangan
kong manatili sa iyong tahanan.” 6 Kaya nagmadali siya,
bumaba at tinanggap siya nang may galak. 7 Nang makita
ito ng lahat, dumaing silang lahat, sinasabi, “Pumunta
siya upang bisitahin ang isang taong makasalanan.” 8
Tumayo si Zaqueo at sinabi niya sa Panginoon, “Tingnan
mo, Panginoon, ibabahagi ko sa mga mahihirap ang kalahati
ng aking mga ari-arian, at kung ako ay may nadayang
sinuman sa anuman, ibabalik ang halaga ng maka-apat
na beses.” 9 Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Sa araw na ito,
dumating ang kaligtasan sa bahay na ito, dahil anak din
siya ni Abraham. 10 Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito
upang hanapin at iligtas ang mga taong nawawala.” 11
Habang pinakikinggan nila ang mga bagay na ito, nagpatuloy
siyang magsalita at nagsabi ng isang talinghaga, dahil
malapit siya sa Jerusalem, at inakala nila na ang kaharian
ng Diyos ay magsisimula na kaagad. 12 Kaya sinabi niya,
“May isang maharlikang pumunta sa malayong bansa upang
tanggapin ang isang kaharian para sa kaniya at pagkatapos
ay babalik. 13 Tinawag niya ang sampu sa kaniyang mga
lingkod, at binigyan sila ng sampung mina, at sinabi sa
kanila, 'Mag-negosyo kayo hanggang ako ay bumalik.' 14
Ngunit kinamuhian siya ng kaniyang mga mamamayan
at pinasunod sa kaniya ang isang lupon ng kinatawan,
sinasabi, 'Ayaw namin na ang taong ito ang mamuno sa
amin.' 15 Nangyari nang siya ay bumalik, natanggap na niya
ang kaharian, pinatawag niya ang mga lingkod na binigyan
niya ng pera, upang malaman niya kung magkano ang
kanilang tinubo sa pagnenegosyo. 16 Ang una ay lumapit sa
kaniyang harapan, sinasabi, 'Panginoon, ang iyong mina ay
nadagdagan pa ng sampung mina.' 17 Sinabi ng maharlika
sa kaniya, 'Magaling, mabuting lingkod. Dahil ikaw ay naging
tapat sa kakaunti, ikaw ay magkakaroon ng kapangyarihan
sa sampung lungsod.' 18 Ang pangalawa dumating, sinasabi,
'Ang iyong mina, panginoon, ay nadagdagan pa ng limang
mina.' 19 Sinabi sa kaniya ng maharlika, 'Mamamahala ka
sa limang lungsod.' 20 At dumating ang isa pa, sinasabi,
'Panginoon, narito ang iyong mina, na maingat kong itinago
sa isang tela, 21 sapagkat natatakot ako sa iyo, dahil ikaw
ay mabagsik na tao. Kinukuha mo ang hindi mo iniipon,
at inaani ang hindi mo inihasik.' 22 Sinabi sa kaniya ng
maharlika, 'Huhusgahan kita ayon sa iyong mga salita, ikaw
na masamang lingkod. Alam mo na ako ay mabagsik na
tao, kinukuha ang hindi ko inilagay, at inaani ang hindi
ko inihasik. 23 Kung gayon bakit hindi mo inilagay ang
aking pera sa bangko, upang sa pagbalik ko, makuha ko ito
nang may kasamang tubo?' 24 Sinabi ng maharlika sa mga
nakatayo doon, 'Kunin ninyo ang mina sa kaniya, at ibigay
ninyo sa may sampung mina.' 25 Sinabi nila sa kaniya,
'Panginoon, mayroon siyang sampung mina.' 26 'Sinasabi ko
sa inyo, na ang lahat ng mayroon ay mabibigyan pa ng mas
marami, ngunit sa kaniya na wala, kahit ang mayroon siya
ay kukunin sa kaniya. 27 Ngunit ang aking mga kaaway,
ang mga may ayaw na maghari ako sa kanila, dalhin ninyo
sila rito at patayin sila sa harapan ko.'” 28 Nang nasabi
na niya ang mga bagay na ito, nauna na siyang pumunta,
paakyat sa Jerusalem. 29 At nangyari nang palapit na siya
sa Bethfage at sa Bethania, sa bundok na tinatawag na
Olivet, nagsugo siya ng dalawa sa mga alagad, 30 sinasabi,
“Pumunta kayo sa kabilang nayon. Sa inyong pagpasok,
matatagpuan ninyo ang isang bisiro na hindi pa kailanman
nasasakyan. Kalagan ninyo ito at dalhin sa akin. 31 Kung
may magtatanong sa inyo, 'Bakit ninyo kinakalagan iyan?'
sabihin ninyo, 'Kailangan ito ng Panginoon.'” 32 Ang mga
isinugo ay pumunta at natagpuan ang bisiro gaya ng sinabi
ni Jesus sa kanila. 33 Habang kinakalagan nila ang bisiro,
sinabi ng mga may-ari sa kanila, “Bakit ninyo kinakalagan
ang bisiro?” 34 Sinabi nila, “Kailangan ito ng Panginoon.”
35 Dinala nila ito kay Jesus, at inilagay nila ang kanilang
mga kasuotan sa ibabaw ng bisiro at pinasakay si Jesus.
36 Habang siya ay nagpapatuloy, inilatag nila ang kanilang
mga kasuotan sa daan. 37 Nang palapit na siya sa libis ng
Bundok ng mga Olibo, ang buong karamihan ng mga alagad
ay nagsimulang magalak at magpuri sa Diyos nang may
malakas na tinig dahil sa lahat ng mga kamangha-manghang
gawa na kanilang nakita, 38 na sinasabi, “Pinagpala ang hari
na naparito sa pangalan ng Panginoon! Kapayapaan sa
langit at kaluwalhatian sa kataastaasan!” 39 Sinabi sa kaniya
ng ilan sa mga Pariseong kasama ng maraming tao, “Guro,
sawayin mo ang iyong mga alagad.” 40 Sumagot si Jesus at
sinabing, “Sinasabi ko sa inyo, kung tatahimik sila, ang mga
bato ay sisigaw.” 41 Nang palapit na si Jesus sa lungsod,

iniyakan niya ito, 42 sinasabi, “Kung alam mo lang sa araw
na ito, kahit ikaw, ang mga bagay na magbibigay sa iyo ng
kapayapaan! Ngunit ngayon ang mga ito ay lingid sa iyong
mga mata. 43 Sapagkat darating sa iyo ang mga araw, na
magtatayo ng harang ang iyong mga kaaway sa palibot mo,
at papalibutan ka, at gigipitin ka mula sa bawat panig. 44
Hahampasin ka nila pababa sa lupa at kasama ang iyong
mga anak. Hindi sila magtitira ng isang bato sa ibabaw ng
isa pang bato, dahil hindi mo kinilala nang sinusubukan
kang iligtas ng Diyos.” 45 Pumasok si Jesus sa templo at
sinimulang palayasin ang mga nagtitinda, 46 sinasabi sa
kanila, “Nasusulat, 'Ang aking bahay ay magiging bahay-
panalanginan,' ngunit ginawa ninyo itong lungga ng mga
magnanakaw.” 47 Kaya araw-araw nagtuturo si Jesus sa
templo. Ang mga punong pari at ang mga eskriba at ang
mga pinuno ng mga tao ay nais siyang patayin, 48 ngunit
wala silang mahanap na paraan upang gawin ito, dahil ang
lahat ng mga tao ay nakikinig nang mabuti sa kaniya.

**20** At nangyari sa isang araw, habang tinuturuan ni
Jesus ang mga tao sa templo at ipinapangaral ang
ebanghelyo, nilapitan siya ng mga punong pari at mga
eskriba kasama ang mga nakatatanda. 2 Nagsalita sila, at
sinasabi sa kaniya, “Sabihin mo sa amin kung sa anong
kapangyarihan mo ginagawa ang mga bagay na ito? O sino
ang nagbigay sa iyo ng kapangyarihang ito?” 3 Sumagot
siya at sinabi sa kanila, “May itatanong din ako sa inyo.
Sabihin niyo sa akin ang tungkol 4 sa pagbautismo ni Juan.
Mula ba ito sa langit o mula sa tao?” 5 Nagusap-usap sila at
sinabi, “Kapag sasabihin natin, 'Mula sa langit,' sasabihin
niya, 'Kung ganoon bakit hindi ninyo siya pinaniwalaan?' 6
Pero kung sasabihin natin, 'Mula sa tao,' babatuhin tayo
ng lahat ng mga tao, dahil nahikayat sila na si Juan ay
isang propeta.” 7 Kaya sumagot sila na hindi nila alam kung
saan ito nagmula. 8 Sinabi ni Jesus sa kanila, “Hindi ko din
sasabihin sa inyo kung saan galing ang aking kapangyarihan
na gumawa ng mga bagay na ito.” 9 Sinabi niya sa mga tao
ang talinghagang ito, “May isang taong nagtanim ng ubasan,
pinaupa niya ito sa mga magtatanim ng ubas, at pumunta
sa ibang bansa sa mahabang panahon. 10 Nang dumating
ang takdang panahon, pinapunta niya ang kaniyang utusan
sa mga magtatanim ng ubas, upang siya ay bigyan nila ng
bunga ng ubasan. Ngunit binugbog siya ng mga magtatanim
ng ubas, at pinaalis siyang nang walang dala. 11 Pagkatapos,
pinapunta niya ang isa pang utusan, at siya ay binugbog
din nila, at kahiya-hiya ang ginawa sa kaniya, at pinaalis
siya nang walang dala. 12 At pinapunta pa rin niya ang
ikatlo at sinugatan din nila, at itinapon siya palabas. 13
Kaya sinabi ng may-ari ng ubasan, 'Ano ang gagawin ko?
Papupuntahin ko ang pinakamamahal kong anak na lalaki.
Baka sakaling igalang nila siya.' 14 Ngunit nang makita
siya ng mga magtatanim ng ubas, nag-usap-usap sila,
sinasabing, 'Ito ang tagapagmana. Patayin natin siya upang
mapunta sa atin ang kaniyang mana.' 15 Pinalayas nila siya
sa ubasan, at pinatay. Ano nga kaya ang gagawin ng may-
ari ng ubasan sa kanila? 16 Siya ay darating at pupuksain
ang mga magtatanim ng ubas at ipamimigay sa iba ang
ubasan.” Nang marinig nila ito, sabi nila, “Huwag sanang
pahintulutan ng Diyos ito!” 17 Ngunit tumingin si Jesus sa
kanila at sinabi, “Ano ang kahulugan ng kasulatang ito?
'Ang bato na tinanggihan ng mga gumagawa ng gusali, ay
ginawang batong panuluk'? 18 Ang bawat isa na babagsak sa
batong iyon ay magkakadurog-durog. Ngunit kung sinuman
ang mabagsakan ng batong ito ay madudurog.” 19 Kaya
pinagsikapan na hulihin ng mga eskriba at mga punong
pari si Jesus sa oras ding iyon, dahil alam nila na sinabi
niya ang talinghagang ito laban sa kanila. Ngunit natakot
sila sa mga tao. 20 Maingat siyang inaabangan, nagpadala
sila ng mga espiya na nagkukunwaring matuwid upang
makahanap sila ng pagkakamali sa kaniyang salita, upang
ibigay siya sa batas at sa kapangyarihan ng gobernador. 21
Sila ay nagtanong sa kaniya, at sinabi, “Guro, alam naming
nagsasabi at nagtuturo ka nang tama, at hindi ka nahihikayat
ng sinuman, ngunit itinuturo mo ang katotohanan tungkol
sa daan ng Diyos. 22 Naayon ba sa batas na magbayad
kami ng buwis kay Cesar, o hindi?” 23 Ngunit nalalaman ni
Jesus ang kanilang katusuhan, at sinabi niya sa kanila, 24
“Ipakita niyo sa akin ang isang dinario. Kaninong larawan
at pangalan ang nakaukit dito? At sinabi nila, “Kay Cesar.”
25 Sinabi niya sa kanila, “Kung gayon, ibigay kay Cesar
ang mga bagay na kay Cesar at sa Diyos ang mga bagay
na sa Diyos.” 26 Hindi mabatikus ng mga eskriba at mga
pinunong pari ang kaniyang sinabi sa harap ng mga tao.
Namangha sila sa kaniyang sagot at wala silang nasabi.
27 Nang magpunta sa kaniya ang ilan sa mga Saduceo,
na nagsasabing walang muling pagkabuhay, 28 tinanong
nila siya, sinabi, “Guro, sumulat si Moises sa amin na kung
ang kapatid na lalaki ng isang lalaki ay namatay, na may
asawa, at walang anak, dapat kunin ng lalaki ang asawa ng
kaniyang kapatid, at magkaroon ng anak para sa kaniyang
kapatid. 29 May pitong magkakapatid na lalaki at nag-asawa
ang panganay, ngunit namatay nang walang anak, 30 at
ganoon din ang pangalawa. 31 Napangasawa ng ikatlong
kapatid ang babae, at ganoon din ang pito ay hindi nag-iwan
ng mga anak, at namatay. 32 Pagkatapos ang babae ay
namatay din. 33 Sa muling pagkabuhay, kaninong asawa ang
babae? Sapagkat siya ay naging asawa ng pito? 34 Sinabi
ni Jesus sa kanila, “Ang mga anak na lalaki ng mundong
ito ay mag-aasawa at ibinibigay upang makapangasawa.

(aiōn g165) 35 Ngunit ang mga nahatulan na karapat-dapat
na tumanggap ng muling pagkabuhay mula sa mga patay
at pumasok sa walang hanggang ay hindi mag-aasawa
at hindi ibinibigay upang makapangasawa. (aiōn g165) 36
At hindi na rin sila mamamatay, sapagkat kapantay nila
ang mga anghel at sila ay mga anak ng Diyos, bilang mga
anak ng muling pagkabuhay. 37 Ngunit ang mga patay ay
binuhay na muli, maging si Moises ay ipinakita niya, sa
lugar ng mababang punong kahoy, na tinawag niya ang
Panginoon na ang Diyos ni Abraham at Diyos ni Isaac at
Diyos ni Jacob. 38 Ngayon, hindi siya Diyos ng mga patay
kundi ng mga buhay, sapagkat ang lahat ay nabubuhay
sa kaniya." 39 Sumagot ang ilan sa mga eskriba, "Guro,
mahusay ang iyong sagot," 40 At hindi na sila nangahas
pang magtanong sa kaniya ng anumang tanong. 41 Sinabi ni
Jesus sa kanila, "Paano nila nasabi na ang Cristo ay anak ni
David? 42 Sapagkat sinabi mismo ni David sa Aklat ng Mga
Awit, Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon, 'Umupo ka
sa aking kanang kamay, 43 hanggang gawin ko ang iyong
mga kaaway na tungtungan ng iyong mga paa.' 44 Kaya
tinawag ni David ang Cristo na 'Panginoon', kaya paano
siya naging anak ni David?" 45 Habang nakikinig ang lahat
ng mga tao, sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, 46
"Mag-ingat kayo sa mga eskriba na gustong maglakad na
nakasuot ng mahabang mga balabal, at gustong-gusto ang
mga pagbati sa mga lugar na pamilihan, at mga upuang
pandangal sa sinagoga, at mga upuang pandangal sa mga
pista. 47 Nililimas din nila ang mga bahay ng mga balong
babae, at nagpapanggap na nananalangin nang mahaba.
Sila ay tatanggap ng mas mabigat na paghatol."

**21** Tumingala si Jesus at nakita niya ang mga mayayamang
tao na inilalagay ang kanilang mga kaloob sa kabang-
yaman. 2 Nakita rin ang isang mahirap na babaeng balo
na inihuhulog ang dalawang katiting. 3 Kaya sinabi niya,
"Totoo, sinasabi ko sa inyo, mas malaki ang inilagay ng
mahirap na babaeng balong ito kaysa sa kanilang lahat.
4 Nagbigay silang lahat ng mga kaloob mula sa kanilang
kasaganahan. Ngunit ang babaeng balo na ito, sa kabila ng
kaniyang kahirapan, inilagay ang lahat ng salaping mayroon
siya upang mabuhay." 5 Habang pinag-uusapan ng ilan ang
templo, kung paano ito pinalamutihan ng magagandang
bato at mga handog, kaniyang sinabi, 6 "Patungkol sa mga
bagay na ito na inyong nakikita, darating ang mga araw na
wala ni isang bato ang maiiwan sa ibabaw ng isa pang bato
na hindi babagsak." 7 Kaya't siya ay kanilang tinanong,
"Guro, kailan mangyayari ang mga bagay na ito? At ano
ang magiging palatandaan kapag malapit ng mangyari ang
mga bagay na ito?" 8 Sumagot si Jesus, "Mag-ingat kayo
na hindi kayo malinlang. Sapagkat maraming darating sa
pangalan ko, magsasabi, 'Ako ay siya' at, 'Malapit na ang
panahon.' Huwag kayong sumunod sa kanila. 9 Kapag kayo
ay nakarinig ng mga digmaan at mga kaguluhan, huwag
kayong masindak, sapagkat kinakailangang mangyari muna
ang mga bagay na ito, ngunit ang wakas ay hindi kaagad
na magaganap." 10 At sinabi niya sa kanila, "Titindig ang
isang bansa laban sa bansa, at kaharian laban sa kaharian.
11 Magkakaroon ng mga malalakas na lindol, at sa iba't
ibang dako ay magkakaroon ng taggutom at mga salot.
Magkakaroon ng mga kakila-kilabot na pangyayari at mga
dakilang palatandaan mula sa langit. 12 Ngunit bago ang
lahat ng ito, dadakipin nila kayo at uusigin, ibibigay kayo
sa mga sinagoga at sa mga bilangguan, dadalhin kayo sa
harapan ng mga hari at mga gobernador dahil sa aking
pangalan. 13 Ito ay magbibigay-daan ng pagkakataon para
sa inyong patotoo. 14 Kaya pagtibayin ninyo sa inyong
puso na huwag ihanda ang inyong isasagot nang maagang
panahon, 15 sapagkat ibibigay ko sa inyo ang mga salita
at karunungan, na hindi malalabanan at matutulan ng
lahat ng iyong kaaway. 16 Ngunit kayo ay ibibigay din ng
inyong mga magulang, mga kapatid, mga kamag-anak,
at mga kaibigan, at papatayin nila ang iba sa inyo. 17
Kayo ay kamumuhian ng lahat dahil sa aking pangalan. 18
Ngunit hindi mawawala kahit isang buhok sa inyong ulo.
19 Sa inyong pagtitiis ay makakamtan ninyo ang inyong
mga kaluluwa. 20 Kapag nakita ninyo ang Jerusalem na
napaliligiran ng mga hukbo, kung gayon malalaman ninyo
malapit na ang pagkawasak nito. 21 Kung magkagayon, ang
mga nasa Judea ay magsitakas patungo sa mga bundok, at
lahat ng mga nasa kalagitnaan ng lungsod ay umalis, at ang
mga nasa bayan ay huwag pumasok doon. 22 Sapagkat
ito ang mga araw ng paghihiganti, upang matupad ang
lahat ng nasusulat. 23 Sa aba ng mga nagdadalang-tao
at sa mga nagpapasuso sa mga araw na iyon! Sapagkat
magkakaroon ng matinding kapighatian sa lupain, at poot
sa mga taong ito. 24 At sila ay babagsak sa pamamagitan
ng talim ng espada at sila ay dadalhing bihag sa lahat ng
mga bansa, at ang Jerusalem ay yuyurakan ng mga Gentil,
hanggang sa matupad ang mga panahon ng mga Gentil.
25 Magkakaroon ng mga palatandaan sa araw, sa buwan,
at sa mga bituin. At sa lupa, magkakaroon ng kapighatian
sa mga bansa, na walang pag-asa dahil sa dagundong
ng dagat at sa mga alon. 26 Manlulupaypay ang mga tao
dahil sa takot at dahil sa inaasahang darating sa mundo.
Sapagkat mayayanig ang mga kapangyarihan ng kalangitan.
27 At makikita nila ang Anak ng Tao na dumarating na nasa
ulap na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. 28
Ngunit kapag magsisimulang mangyari ang mga bagay na
ito, tumindig kayo, at tumingala, sapagkat nalalapit na ang

inyong kaligtasan." **29** Nagsabi si Jesus ng talinghaga sa
kanila, "Tingnan ninyo ang puno ng igos, at ang lahat ng
mga puno. **30** Kapag ang mga ito ay umusbong, nakikita
ninyo mismo at nalalaman na malapit na ang tag-araw. **31**
Gayon din naman, kapag nakita ninyo na nangyayari na
ang mga bagay na ito, nalalaman ninyong nalalapit na ang
kaharian ng Diyos. **32** Totoo, sinasabi ko sa inyo, hindi lilipas
ang ang salinlahing ito, hanggang sa maganap ang lahat ng
mga bagay na ito. **33** Ang langit at lupa ay lilipas, ngunit ang
aking mga salita ay hindi lilipas. **34** Ngunit bigyang-pansin
ang inyong mga sarili, upang hindi magnais ang inyong
mga puso ng kahalayan, kalasingan, at mga alalahanin
sa buhay. Sapagkat darating ang araw na iyon sa inyo
nang biglaan **35** na gaya ng bitag. Sapagkat darating ito sa
lahat ng naninirahan sa ibabaw ng buong mundo. **36** Ngunit
maging mapagmatiyag kayo sa lahat ng oras, nananalangin
na kayo ay magkaroon ng sapat na lakas upang matakasan
ninyo ang lahat ng ito na magaganap, at upang tumayo sa
harapan ng Anak ng Tao." **37** Kaya't tuwing umaga siya
ay nagtuturo sa templo at sa gabi siya ay lumalabas, at
nagpapalipas ng gabi sa bundok na tinatawag na Olivet.
**38** Ang lahat ng mga tao ay dumarating nang napakaaga
upang makinig sa kaniya sa templo.

**22** Ngayon, papalapit na ang Pista ng Tinapay na walang
Pampaalsa, na tinatawag na Paskwa. **2** Pinag-usapan
ng mga punong pari at mga eskriba kung paano nila
ipapapatay si Jesus, sapagkat natatakot sila sa mga tao. **3**
Pumasok si Satanas kay Judas Iscariote, isa sa Labindalawa.
**4** Nagpunta si Judas at nakipag-usap sa mga punong pari at
mga kapitan tungkol sa kung paano niya maidadala si Jesus
sa kanila. **5** Nagalak sila, at nakipagkasundong bibigyan siya
ng pera. **6** Sumang-ayon siya, at naghanap ng pagkakataon
upang madala niya si Jesus sa kanila malayo sa maraming
mga tao. **7** Dumating ang araw ng tinapay na walang
pampaalsa, na kung saan kailangang ialay ang kordero ng
Paskwa. **8** Isinugo ni Jesus sina Pedro at Juan, at sinabi,
"Pumunta kayo at maghanda ng hapunang Pampaskua
upang ito ay ating kainin." **9** Tinanong nila sa kaniya, "Saan
mo kami gustong gumawa ng mga paghahanda?" **10** Sinagot
niya sila, "Makinig kayo, kapag nakapasok na kayo sa
lungsod, may isang lalaking sasalubong sa inyo na may
isang bangang tubig. Sundan ninyo siya sa bahay kung saan
siya papasok. **11** Pagkatapos, sabihin ninyo sa panginoon
ng bahay 'Ipinapatanong ng Guro sa iyo, "Nasaan ang
silid pampanauhin, kung saan kami kakain ng aking mga
alagad sa araw ng Paskwa?"' **12** Ipapakita niya sa inyo
ang malaki at maayos na silid sa itaas. Doon ninyo gawin
ang mga paghahanda. **13** Kaya pumunta sila, at nakita ang
lahat ayon sa sinabi niya sa kanila. At inihanda nila ang
hapunang Pampaskwa. **14** Nang dumating ang panahon,
umupo siya kasama ang mga apostol. **15** Pagkatapos sinabi
niya sa kanila, "Labis kong ninais na makasalo kayo sa
Pista ng Paskwang ito bago ako magdusa. **16** Sapagkat
sinasabi ko sa inyo, hindi ko na ito kakaining muli, hanggang
sa matupad ito sa kaharian ng Diyos." **17** Pagkatapos,
kumuha si Jesus ng isang kopa, at nang makapagpasalamat,
sinabi niya, "Kunin ninyo ito at ibahagi ito sa isa't isa. **18**
Sapagkat sinasabi ko sa inyo, hindi na ako muling iinom ng
bunga ng ubas, hanggang sa dumating ang kaharian ng
Diyos." **19** Pagkatapos, kinuha niya ang tinapay at nang
makapagpasalamat, hinati-hati niya ito, at ibinigay sa kanila,
sinasabi, "Ito ang aking katawan na ibinigay para sa inyo.
Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa akin." **20** Kinuha niya
ang tasa sa parehong paraan pagkatapos ng hapunan,
sinasabi, "Ang tasang ito ang bagong tipan sa aking dugo,
na ibinuhos para sa inyo. **21** Ngunit makinig kayo. Ang taong
magkakanulo sa akin ay kasama ko ngayon sa hapag. **22**
Sapagkat ang Anak ng Tao ay mamamatay ayon sa itinakda.
Ngunit sa aba sa taong iyon na magkakanulo sa kaniya!" **23**
At nagsimula silang magtanong sa isa't isa, kung sino sa
kanila ang gagawa ng bagay na ito. **24** At nagkaroon din
ng pagtatalo sa kanila tungkol sa kung sino sa kanila ang
itinuturing na pinakadakila. **25** Sinabi niya sa kanila, "Ang
mga hari ng mga Gentil ay may kapangyarihang pamunuan
sila, at ang mga may kapangyarihan sa kanila ay tinawag na
mga pinunong kagalang-galang. **26** Ngunit sa inyo ay hindi
dapat maging tulad nito. Sa halip, ang pinakadakila sa inyo
ay maging katulad ng pinakabata. At ang pinakamahalaga sa
inyo ay maging katulad ng isang naglilingkod. **27** Sapagkat
sino ang mas dakila, ang taong nakaupo sa may hapag
o ang siyang naglilingkod? Hindi ba ang taong nakaupo
sa may hapag? Bagaman kasama ninyo ako bilang isang
naglilingkod. **28** Ngunit kayo ang mga nagpatuloy na kasama
ko sa aking mga pagsubok. **29** Ibibigay ko sa inyo ang
kaharian, katulad ng aking Ama na nagbigay sa akin ng
kaharian, **30** upang kayo ay kumain at uminom sa aking
mesa sa aking kaharian. At uupo kayo sa mga trono na
hahatol sa labindalawang lipi ng Israel. **31** Simon, Simon,
mag-ingat kayo, sapagkat hinihingi kayo ni Satanas upang
salain kayo tulad ng trigo. **32** Ngunit ipinanalangin kita, upang
hindi humina ang iyong pananampalataya. At pagkatapos
mong muling manumbalik, palakasin mo ang iyong mga
kapatid." **33** Sinabi ni Pedro sa kaniya, "Panginoon, handa
akong sumama sa iyo sa bilangguan at sa kamatayan." **34**
Sumagot si Jesus, "Sinasabi ko sa iyo, Pedro, hindi titilaok
ang tandang sa araw na ito, bago mo ikaila ng tatlong
beses na kilala mo ako." **35** At sinabi ni Jesus sa kanila.
"Nang ipinadala ko kayo na walang pitaka, supot ng mga

kakailanganin, o sapatos, nagkulang ba kayo ng kahit na
ano?" At sumagot sila, "Hindi." **36** Kaya sinabi niya sa kanila,
"Ngunit ngayon, siya na may pitaka, kunin niya ito, at maging
ang supot ng pagkain. Ang walang espada ay dapat ipagbili
niya ang kaniyang balabal at bumili ng isa. **37** Sapagkat
sinasabi ko sa inyo, kinakailangang matupad ang nasusulat
tungkol sa akin, 'At itinuring siyang isa sa mga lumalabag
sa batas.' Sapagkat natutupad na ang pahayag tungkol sa
akin." **38** Kaya sinabi nila, "Panginoon, tingnan mo! Narito
ang dalawang espada." At sinabi niya sa kanila, "Tama na
iyan." **39** Pagkatapos ng hapunan, pumunta si Jesus sa
Bundok ng mga Olibo gaya ng madalas niyang ginagawa, at
sumunod ang mga alagad sa kaniya. **40** Nang dumating
sila, sinabi niya sa kanila, "Ipanalangin ninyo na hindi kayo
matukso." **41** Lumayo siya sa kanila sa di-kalayuan, at
lumuhod siya at nanalangin, **42** sinasabi, "Ama, kung nais
mo, alisin mo sa akin ang tasang ito. Gayunman, hindi ang
kalooban ko, kundi ang kalooban mo ang mangyari." **43**
Pagkatapos, isang anghel mula sa langit ang nagpakita
sa kaniya, pinapalakas siya. **44** Sa matinding paghihirap,
nanalangin siya nang lalong taimtim, at ang kaniyang pawis
ay naging tulad ng malalaking tulo ng dugo na nahuhulog sa
lupa. **45** Nang tumayo siya mula sa kaniyang pananalangin,
pumunta siya sa kaniyang mga alagad, at nakita niyang
natutulog ang mga ito dahil sa kanilang pagdadalamhati, **46**
at tinanong sila, "Bakit kayo natutulog?" Bumangon kayo
at manalangin, nang hindi kayo pumasok sa tukso." **47**
Habang siya ay nagsasalita, masdan ito, dumating ang
maraming tao, kasama si Judas na isa sa Labindalawa na
pinangungunahan sila. Lumapit siya kay Jesus upang siya
ay halikan, **48** ngunit sinabi ni Jesus sa kaniya, "Judas,
ipinagkakanulo mo ba ang Anak ng Tao sa pamamagitan
ng isang halik?" **49** Nang makita ng mga nakapalibot kay
Jesus ang nangyayari, sinabi nila, "Panginoon, lulusob na ba
kami gamit ang tabak?" **50** At isa sa kanila ang lumusob
sa lingkod ng pinakapunong pari, at tinaga ang kaniyang
kanang tainga. **51** Sinabi ni Jesus, "Tigilan na ninyo ito." At
hinawakan ni Jesus ang kaniyang tainga at pinagaling siya.
**52** Sinabi ni Jesus sa mga punong pari, sa mga kapitan ng
templo, at sa mga nakatatanda na dumating laban sa kaniya.
"Nagpunta kayo na tila laban sa isang magnanakaw, na may
dalang mga espada at mga pamalo? **53** Nang kasama ko
kayo araw-araw sa templo, hindi ninyo ako dinakip. Ngunit
ito ang inyong oras, at ang kapangyarihan ng kadiliman." **54**
Dinakip siya, itinaboy siya palayo, at dinala sa bahay ng
pinakapunong pari. Ngunit sumunod si Pedro sa di-kalayuan.
**55** Pagkatapos nilang magpaningas ng apoy sa gitna ng
patyo at sama-samang umupo, umupo si Pedro sa kanilang
kalagitnaan. **56** Nakita siya ng isang utusang babae habang
nakaupo sa naiilawan ng apoy, at tinitigan siya nito at sinabi,
"Kasama rin siya ng taong iyon." **57** Ngunit ikinaila ito ni
Pedro, at sinabi, "Babae, hindi ko siya kilala." **58** Pagkaraan
ng ilang sandali, nakita uli siya ng iba pang tao, at sinabi,
"Isa ka rin sa kanila." Ngunit sinabi ni Pedro, "Lalaki, hindi."
**59** Pagkatapos ng isang oras iginiit ng isa pang lalaki at
sinabi, "Totoo na ang lalaking ito ay kasama niya, sapagkat
siya ay taga-Galilea." **60** Ngunit sinabi ni Pedro, "Lalaki,
hindi ko alam ang sinasabi mo." At agad-agad, habang
nagsasalita pa siya, tumilaok ang tandang. **61** Lumingon ang
Panginoon at tumingin kay Pedro. At naalala ni Pedro ang
salita ng Panginoon, nang sabihin niya sa kaniya, "Bago
tumilaok ang tandang sa araw na ito, tatlong ulit mo akong
ikakaila." **62** Siya ay lumabas, tumangis si Pedro ng labis. **63**
Pagkatapos ay kinutya at hinampas si Jesus ng mga lalaking
nagbabantay sa kaniya. **64** Pagkatapos siyang piringan,
tinanong siya at sinabi, "Hulaan mo! Sino ang humampas sa
iyo?" **65** Nagsalita pa sila ng maraming mga bagay laban kay
Jesus, nilalapastangan siya. **66** Kinaumagahan, nagtipun-
tipon ang mga nakatatanda, ang mga punong pari at mga
eskriba. Siya ay dinala nila sa Konseho, **67** sinasabi "Kung
ikaw ang Cristo, sabihin mo sa amin." Ngunit sinabi niya sa
kanila, "Kung sabihin ko sa inyo, hindi kayo maniniwala, **68**
at kung tanungin ko kayo, hindi kayo sasagot. **69** Ngunit
mula ngayon, ang Anak ng Tao ay mauupo sa kanang
kamay ng kapangyarihan ng Diyos." **70** Sinabi nilang lahat,
"Kung gayon ikaw ang Anak ng Diyos?" At sinabi ni Jesus
sa kanila, "Sinabi ninyo na ako nga." **71** Sinabi nila, "Bakit pa
natin kailangan ng isang saksi? Sapagkat tayo na mismo
ang nakarinig mula sa kaniyang bibig."

**23** Ang buong kapulungan ay tumayo, at dinala si Jesus
sa harapan ni Pilato. **2** Nagsimula silang paratangan
siya, sinasabi, "Nalaman na inaakay ng taong ito ang aming
bansa sa kasamaan, ipinagbabawal niyang magbigay ng
buwis kay Ceasar, at sinasabing siya mismo ang Cristo,
na isang hari." **3** Tinanong siya ni Pilato, sinasabi, "Ikaw
ba ang Hari ng mga Judio?" At sinagot siya ni Jesus at
sinabi, "Ikaw na ang may sabi." **4** Sinabi ni Pilato sa mga
punong pari at sa maraming tao, "Wala akong makitang
kasalanan sa taong ito." **5** Ngunit sila ay nagpupumilit,
sinasabi, "Ginugulo niya ang mga tao, nagtuturo sa buong
Judea, mula sa Galilea maging sa lugar na ito." **6** Kaya nang
marinig ito ni Pilato, tinanong niya kung ang taong iyon ay
taga-Galilea. **7** Nang malaman niyang nasa ilalim siya ng
pamumuno ni Herodes, ipinadala niya si Jesus kay Herodes,
na nasa Jerusalem din sa mga araw na iyon. **8** Nang makita
ni Herodes si Jesus, labis siyang natuwa, dahil matagal
na niya itong nais makita. Nakarinig siya ng tungkol sa
kaniya at ninais niyang makakita ng ilang himala na ginawa

niya. 9 Maraming itinanong si Herodes kay Jesus, ngunit
walang isinagot si Jesus sa kaniya. 10 Tumayo ang mga
punong pari at mga eskriba, marahas siyang pinaparatangan.
11 Inalipusta siya ni Herodes kasama ng kaniyang mga
kawal, at kinutya siya, at dinamitan siya ng magandang
kasuotan, at ipinadala si Jesus pabalik kay Pilato. 12 Naging
magkaibigan sina Herodes at Pilato sa araw ding iyon (dati
silang magkaaway.) 13 Tinipon ni Pilato ang mga punong
pari at ang mga pinuno at ang napakaraming tao, 14 at
sinabi sa kanila, “Dinala ninyo ang taong ito sa akin na tila
isang taong pinangungunahan ang mga tao upang gumawa
ng masama, at tingnan ninyo, tinanong ko siya sa harapan
ninyo, wala akong nakitang kasalanan sa taong ito tungkol
sa mga bagay na inyong ipinaparatang sa kaniya. 15 Wala,
kahit si Herodes, sapagkat siya ay ipinabalik niya sa atin,
at tingnan ninyo, wala siyang ginawang karapat-dapat ng
kamatayan. 16 Kaya parurusahan ko siya, at pakakawalan
siya. 17 (Ngayon, sa pista, kailangang magpalaya ni Pilato
ng isang bilanggo para sa mga Judio.) 18 Ngunit sabay-
sabay silang sumigaw, sinasabi, “Alisin ninyo ang taong ito,
at palayain si Barabbas para sa amin!” 19 Si Barabbas ay
isang taong ibinilanggo dahil sa pagrerebelde sa lungsod at
dahil sa pagpatay. 20 Kinausap ulit sila ni Pilato, ninanais
na palayain si Jesus. 21 Ngunit sumigaw sila, sinasabi,
“Ipako siya sa krus, ipako siya sa krus.” 22 Sinabi niya sa
kanila sa ikatlong pagkakataon, “Bakit, anong masamang
ginawa ng taong ito? Wala akong natagpuan upang siya ay
marapat na parusahan ng kamatayan. Kaya, pagkatapos
niyang maparusahan, pakakawalan ko siya.” 23 Ngunit
sila ay mapilit na may malalakas na tinig, hinihiling na
ipapako siya krus. At nahikayat si Pilato ng kanilang mga
tinig. 24 Kaya nagpasya si Pilato na ibigay ang kanilang
kahilingan. 25 Pinalaya niya ang taong hiniling nila, na
ibinilanggo dahil sa panggugulo at pagpatay. Ngunit ibinigay
niya si Jesus ayon sa kalooban nila. 26 Nang siya inilalayo
nila, sinunggaban nila ang isang Simon na taga-Cirene, na
nanggaling sa kabukiran, at pinapasan nila ang krus sa
kaniya upang buhatin niya, na sumusunod kay Jesus. 27 Siya
ay sinusundan ng napakaraming tao, at mga kababaihang
nagdadalamhati at tumatangis dahil sa kaniya. 28 Ngunit
lumingon si Jesus sa kanila, at sinabi, “Mga anak na babae
ng Jerusalem, huwag ninyo akong tangisan, ngunit tangisan
ninyo ang inyong sarili at ang inyong mga anak. 29 Dahil
tingnan ninyo, darating ang mga araw na sasabihin nila,
'Pinagpala ang mga baog at ang mga sinapupunang hindi
nanganak, at ang mga suso na hindi nagpasuso.' 30 Sa
panahong iyon sasabihin nila sa mga bundok, 'Bumagsak
kayo sa amin,' at sa mga burol, 'Tabunan ninyo kami.' 31
Sapagkat kung gagawin nila ang mga bagay na ito habang
ang puno ay berde, anong magyayari kapag tuyo na ito?” 32
May iba pang dalawang lalaking na mga kriminal ang dinala
kasama niya upang patayin. 33 Nang makarating sila sa lugar
na kung tawagin ay Bungo, doon ay kanilang ipinako siya sa
krus kasama ang mga kriminal, isa sa kaniyang kanan at isa
sa kaniyang kaliwa. 34 Sinabi ni Jesus, “Ama, patawarin mo
sila, sapagkat hindi nila alam ang kanilang ginagawa.” At
sila ay nagsapalaran, hinati-hati ang kaniyang kasuotan. 35
Ang mga tao ay nakatayong nanonood habang kinukutya
rin siya ng mga pinuno, sinasabi, “Niligtas niya ang iba.
Hayaan ninyong iligtas niya ang kaniyang sarili, kung siya
nga ang Cristo ng Diyos, ang hinirang.” 36 Pinagtawanan din
siya ng mga kawal, lumalapit sa kaniya, inaalukan siya ng
suka, 37 at sinasabi, “Kung ikaw ang Hari ng mga Judio,
iligtas mo ang iyong sarili.” 38 Mayroon ding isang karatula
sa itaas niya, “ITO ANG HARI NG MGA JUDIO.” 39 Nilait
siya ng isa sa mga kriminal na nakapako sa krus, sinasabi,
“Hindi ba ikaw ang Cristo? Iligtas mo ang iyong sarili at
kami.” 40 Ngunit sumagot ang isa, sinaway siya at sinabi,
“Hindi ka ba natatakot sa Diyos, sapagkat ikaw ay nasa
ilalim ng parehong parusa? 41 Nararapat lang na narito
tayo, sapagkat tinatanggap natin ang nararapat sa ating
mga ginawa. Ngunit ang taong ito ay walang ginawang
mali.” 42 At dagdag pa niya, “Jesus, alalahanin mo ako
pagdating mo sa iyong kaharian.” 43 Sinabi ni Jesus sa
kaniya, “Tunay ngang sinasabi ko sa iyo, sa araw na ito, ikaw
ay makakasama ko sa paraiso.” 44 Nang pasapit na ang Ika-
anim na oras, nagdilim sa buong lupain hanggang sa ika-
siyam na oras 45 habang nagdidilim ang araw. Pagkatapos,
nahati sa gitna ang kurtina ng templo. 46 At si Jesus, na
may malakas na tinig ay nagsabi, “Ama, ipinagkakatiwala
ko ang aking espiritu sa iyong mga kamay.” Pagkasabi
niya nito, siya ay namatay. 47 Nang makita ng senturion
ang nangyari, niluwalhati niya ang Diyos, sinabi, “Tunay
ngang matuwid ang taong ito.” 48 Nang ang mga bagay na
naganap ay nakita ng napakaraming taong sama-samang
dumating upang saksihan ang pangyayaring ito, nagsi-uwian
sila na dinadagukan ang kanilang mga dibdib. 49 Ngunit ang
lahat ng mga kakilala niya, at ang mga babaing sumunod
sa kaniya mula sa Galilea, ay nakatayo sa di-kalayuan,
pinapanood ang mga bagay na ito. 50 Masdan ninyo, may
isang lalaking nagngangalang Jose, na kabilang sa Konseho,
isang mabuti at matuwid na tao 51 (hindi siya sumang-ayon
sa kanilang pasya at sa kanilang ginawa), mula sa Arimatea,
isang Judiong lungsod, na siyang naghihintay sa kaharian
ng Diyos. 52 Ang taong ito ay lumapit kay Pilato, hiningi
ang katawan ni Jesus. 53 Ibinababa niya ito, at binalot ito
ng pinong lino, at inilagay siya sa isang libingang inukit sa
bato, na hindi pa napaglilibingan. 54 Noon ay ang Araw ng

Paghahanda, at nalalapit na ang Araw ng Pamamahinga. 55
Ang mga babaing kasama niyang lumabas sa Galilea ay
sumunod, at nakita ang libingan at kung paano inilagay ang
kaniyang katawan. 56 Sila ay umuwi, at naghanda ng mga
pabango at mga pamahid. At sa araw ng Pamamahinga, sila
ay nagpahinga ayon sa kautusan.

**24** Maagang-maaga sa unang araw ng linggo, pumunta
sila sa libingan, dala-dala ang pabangong ihinanda
nila. 2 Natagpuan nilang naigulong ang bato palayo sa
libingan. 3 Pumasok sila sa loob, ngunit hindi nila natagpuan
ang katawan ng Panginoon Jesus. 4 At nangyari na, habang
sila ay nalilito tungkol dito, biglang may dalawang lalaking
tumayo sa tabi nila na nakakasilaw ang damit. 5 Ang mga
babae ay napuno ng takot at yumuko sa lupa, sinabi nila
nila sa mga babae, "Bakit ninyo hinahanap ang buhay
sa mga patay? 6 Wala siya dito, ngunit siya ay muling
nabuhay! Alalahanin niyo ang sinabi niya sa inyo noong
nasa Galilea pa siya, 7 sinabi niya na ang Anak ng Tao
ay kailangang ipasakamay sa mga makasalanang tao at
ipapako sa krus, at sa ikatlong araw ay muling mabubuhay."
8 Naalala ng mga babae ang mga sinabi niya, 9 at bumalik
sila galing ng libingan at sinabi ang lahat ng nangyari sa
labing isang alagad at lahat ng iba pa. 10 Ngayon, sina
Maria Magdalena, Juana, Maria na ina ni Santiago, at ang
iba pang mga babaeng kasama nila ang nagbalita ng mga
nangyari sa mga apostol. 11 Ngunit ang balitang ito ay tila
walang kabuluhan sa mga apostol, at hindi nila pinaniwalaan
ang mga babae. 12 Gayon pa man, tumayo si Pedro, at
tumakbo papunta sa libingan, at yumuko siya at tumingin
sa loob, nakita niya na ang mga telang lino na lamang
ang naroon. Kaya umuwi si Pedro sa kaniyang tahanan,
na nagtataka kung ano ang nangyari. 13 Masdan ninyo, sa
araw ding iyon, dalawa sa kanila ang papunta sa nayon
na tinatawag na Emaus, na animnapung stadia ang layo
mula sa Jerusalem. 14 Pinag-uusapan nila ang tungkol sa
lahat ng nangyari. 15 Nangyari na, habang nag-uusap sila
at nagtatanungan sa isat-isa, lumapit si Jesus mismo at
sumama sa kanila. 16 Ngunit ang kanilang mga mata ay
nahadlangan upang hindi siya makilala. 17 Sinabi ni Jesus
sa kanila, "Ano ang pinag-uusapan ninyong dalawa habang
naglalakad kayo?" Huminto sila na nalulungkot. 18 Isa sa
kanila na nagngangalang Cleopas, ang sumagot sa kaniya,
"Ikaw lang ba ang tao sa Jerusalem na hindi nakakaalam sa
mga bagay na nangyayari doon sa mga araw na ito?" 19
Sinabi ni Jesus sa kanila, "Anong mga bagay?" Sumagot
sila sa kaniya, "Ang mga bagay tungkol kay Jesus na taga-
Nazaret, na isang propeta, na makapangyarihan sa gawa
at salita sa harapan ng Diyos at ng mga tao. 20 At kung
papaano siya ibinigay ng mga punong pari at mga pinuno
natin upang hatulan ng kamatayan at ipako sa krus. 21
Ngunit umasa kami na siya ang magpapalaya sa Israel.
Oo, at maliban pa sa lahat ng ito, pangatlong araw na
ngayon mula ng nangyari ang mga bagay na ito. 22 Ngunit
bukod dito, pinamangha kami ng ilan sa mga kababaihang
kasamahan namin, na pumunta sa libingan nang maaga. 23
Nang hindi nila nakita ang kaniyang katawan, pumunta sila
sa amin, sinasabing may nakita silang pangitain ng mga
anghel na nagsabing siya ay buhay. 24 Pumunta sa libingan
ang ilan sa mga kalalakihang kasama, at nakita nila ito na
gaya ng sinabi ng mga kababaihan. Ngunit hindi nila siya
nakita." 25 Sinabi ni Jesus sa kanila, "O mga lalaking hangal
at makukupad ang puso na maniwala sa lahat ng sinabi
ng mga propeta! 26 Hindi ba kinakailangang si Cristo ay
magdusa ng ganitong mga bagay, at pumasok sa kaniyang
kaluwalhatian?" 27 At magmula kay Moises at sa lahat ng
propeta, ipinaliwanag ni Jesus sa kanila ang mga bagay
tungkol sa kaniyang sarili sa lahat ng mga kasulatan. 28
Habang papalapit sila sa nayon, na kanilang pupuntahan,
lumakad si Jesus na wari magpapatuloy pa. 29 Ngunit siya
ay pinigilan nila, sinasabi, "Manatili ka sa amin, sapagkat
malapit nang gumabi at dumidilim na." Kaya pumasok si
Jesus upang tumuloy sa kanila. 30 At nangyari, nang siya
ay umupong kasalo nila upang kumain, kinuha niya ang
tinapay, at pinagpasalamatan ito, at pinagpira-piraso ito,
at ibinigay niya ito sa kanila. 31 Pagkatapos, nabuksan
ang kanilang mga mata, at siya ay nakilala nila, at siya ay
naglaho sa kanilang paningin. 32 At sinabi nila sa isa't-isa,
"Hindi ba umaalab ang ating puso, habang kinakausap niya
tayo sa daan, habang binubuksan niya sa atin ang mga
Kasulatan?" 33 Tumayo sila sa oras ding iyon, at bumalik
sa Jerusalem. Natagpuan nila ang labing-isa na nagtipon-
tipon at ang iba pang kasama nila, 34 sinasabi, "Totoo
ngang muling nabuhay ang Panginoon, at nagpakita siya
kay Simon". 35 Kaya ikinuwento nila ang nangyari sa daan,
at kung paano nila nakilala si Jesus nang pagpira-pirasuhin
niya ang tinapay. 36 Habang pinag-uusapan nila ang mga
bagay na ito, tumayo si Jesus mismo sa kalagitnaan nila,
at sinabi niya sa kanila, "Kapayapaan ay sumainyo." 37
Ngunit sila ay nasindak at napuno ng takot, at inakala nila
na espiritu ang kanilang nakita. 38 Sinabi ni Jesus sa kanila,
"Bakit kayo naguguluhan? Bakit may mga katanungan sa
inyong puso? 39 Tingnan ninyo ang aking mga kamay at
paa, na ako talaga ito. Hawakan ninyo ako at tingnan ninyo.
Sapagkat ang espiritu ay walang buto at laman, gaya ng
inyong nakikita na nasa akin." 40 Pagkatapos niyang sabihin
ito, pinakita niya sa kanila ang kaniyang mga kamay at
paa. 41 Habang sila ay hindi pa rin makapaniwala dahil sa
galak, at namangha, sinabi ni Jesus sa kanila, "Mayroon ba

kayong anumang makakain?" 42 Siya ay binigyan nila ng
inihaw na isda. 43 Kinuha ito ni Jesus at kinain niya ito sa
harapan nila. 44 Sinabi niya sa kanila, "Nang kasama ko
kayo, sinabi ko sa inyo na lahat ng nakasulat sa kautusan
ni Moises at ng mga propeta at sa Aklat ng Mga Awit ay
kailangan matupad." 45 At binuksan niya ang kanilang mga
isipan upang maunawaan nila ang Kasulatan. 46 Sinabi niya
sa kanila, "Nasusulat, na kailangang maghirap ang Cristo,
at muling mabuhay mula sa patay sa ikatlong araw. 47 At
ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan ay dapat
maipangaral sa kaniyang pangalan sa lahat ng mga bansa,
mula sa Jerusalem. 48 Kayo ay mga saksi ng lahat ng ito. 49
Tingnan ninyo, ipadadala ko sa inyo ang ipinangako ng aking
Ama. Ngunit mag-hintay kayo sa lungsod, hanggang kayo
ay mapagkalooban ng kapangyarihang mula sa taas." 50 At
inilabas sila ni Jesus hanggang malapit na sila sa Bethania.
Itinaas niya ang kaniyang mga kamay, at binasbasan sila.
51 Nangyari na, habang sila ay binabasbasan niya, sila ay
iniwan niya at siya ay dinala paakyat sa langit. 52 Kaya
siya ay sinamba nila, at bumalik sila sa Jerusalem nang
may labis na kagalakan. 53 Namalagi sila sa Templo, na
nagpupuri sa Diyos.

# Juan

**1** Sa simula pa lamang ay ang Salita, at ang Salita ay
kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. **2** Itong Salitang
ito ay nasa simula pa kasama ng Diyos. **3** Ang lahat nang
mga bagay ay nalikha sa pamamagitan niya, at kung wala
siya, ay wala kahit isang bagay ang nilikha na nalikha. **4**
Sa kaniya ay buhay, at ang buhay na iyon ay liwanag sa
lahat ng sangkatauhan. **5** Ang liwanag ay sumisinag sa
kadiliman, at ito ay hindi napawi nang kadiliman. **6** May
isang lalaki na isinugo mula sa Diyos, na ang pangalan ay
Juan. **7** Dumating siya bilang isang saksi upang magpatotoo
tungkol sa liwanag, upang ang lahat ay maaaring maniwala
sa pamamagitan niya. **8** Hindi si Juan ang liwanag, ngunit
naparito upang makapagpatotoo siya tungkol sa liwanag. **9**
Iyon ang tunay na liwanag na dumarating sa mundo at iyon
ang nagpapaliwanang sa lahat. **10** Siya ay nasa mundo, at
ang mundo ay nalikha sa pamamagitan niya, at ang mundo
ay hindi nakakakilala sa kaniya. **11** Dumating siya sa kaniyang
sariling kababayan, at hindi siya tinanggap ng kaniyang
sariling mga kababayan. **12** Ngunit sa kasing-dami nang
tumanggap sa kaniya, na naniwala sa kaniyang pangalan,
sa kanila niya ipinagkaloob ang karapatang maging mga
anak ng Diyos, **13** ipinanganak sila hindi sa pamamagitan
nang dugo, ni hindi sa pamamagitan nang kagustuhan ng
laman, ni hindi sa pamamagitan nang kagustuhan ng tao,
kundi sa pamamagitan ng Diyos. **14** Ngayon ang Salita ay
naging laman at namuhay na kasama namin. Nakita namin
ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang katulad ng nasa
nag-iisang natatanging katauhan na naparito mula sa Ama,
punong-puno ng biyaya at katotohanan. **15** Pinatotohanan
ni Juan ang tungkol sa kaniya at sumigaw na nagsasabi,
“Siyang sinabi ko sa inyo, 'Ang darating kasunod ko ay
mas higit sa akin, sapagkat siya ay nauna sa akin.'” **16**
Sapagkat mula sa kaniyang kapuspusan tayong lahat ay
nakatanggap ng sunod-sunod na libreng kaloob. **17** Sapagkat
ang kautusan ay ibinigay sa pamamagitan ni Moises. Biyaya
at katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.
**18** Kailanman, walang tao ang nakakita sa Diyos. Ang isa at
nag-iisang katauhan, na mismo ay Diyos, na siyang nasa
dibdib ng Ama, nagawa niya siyang maipakilala. **19** Ngayon
ito ang patotoo ni Juan nang ang mga Judio ay nagpadala
sa kaniya ng mga pari at mga Levita mula sa Jerusalem
para tanungin siyang, “Sino ka?” **20** Malaya niyang inilahad,
at hindi ikinaila, ngunit tumugon, “Hindi ako ang Cristo.”
**21** Kaya siya ay tinanong nila, “Ano ka kung gayon? Ikaw
ba si Elias?” Sabi niya, “Hindi ako.” Sabi nila, “Ikaw ba
ang propeta?” Sumagot siya, “Hindi.” **22** Pagkatapos ay
sinabi nila sa kaniya, “Sino ka, upang may maibigay kaming
sagot sa mga nagsugo sa amin? Ano ang masasabi mo
tungkol sa iyong sarili?” **23** Sinabi niya, “Ako ang boses
ng isang sumisigaw sa ilang: 'Gawin ninyong tuwid ang
daraanan ng Panginoon,' gaya nang sinabi ni Isaias na
propeta.” **24** Ngayong mayroong mga isinugo duon mula
sa mga Pariseo. Tinanong nila siya at sinabi sa kaniya, **25**
“Kung ganoon bakit ka nagbabautismo kung hindi ikaw ang
Cristo, ni hindi si Elias, ni hindi ang propeta?” **26** Tumugon
si Juan sa kanila sinasabi, “Nagbabautismo ako ng tubig.
Subalit, sa kalagitnaan ninyo ay nakatayo ang isang hindi
ninyo nakikilala. **27** Siya ang darating kasunod ko. Hindi ako
karapat-dapat na magtanggal ng tali ng kaniyang sandalyas.”
**28** Ang mga bagay na ito ay nangyari sa Bethania sa kabilang
ibayo nang Jordan, kung saan si Juan ay nagbabautismo. **29**
Sa sumunod na araw nakita ni Juan na paparating si Jesus
sa kaniya at sinabi, “Tingnan ninyo, ayun ang kordero ng
Diyos na siyang nag-aalis nang mga kasalanan ng mundo!
**30** Siya ang sinabi ko sa inyo na, 'Ang darating kasunod ko
ay mas higit sa akin, sapagkat siya ay nauna sa akin.' **31**
Hindi ko siya nakilala, ngunit ito ay nangyari upang maihayag
siya sa Israel na siyang dahilan na ako ay nagbabautismo
ng tubig.” **32** Nagpatotoo si Juan, “Nakita ko ang Espiritu
na bumababa mula sa langit tulad ng isang kalapati, at ito
ay nanatili sa kaniya. **33** Hindi ko siya nakilala, ngunit ang
sabi sa akin ng nagsugo sa akin na magbautismo sa tubig,
'Kung kanino mo makikita ang Espiritu na bumababa at
nananatili, siya ang magbabautismo ng Banal na Espiritu.'
**34** Pareho kong nakita at napatotohanan na ito ang Anak ng
Diyos. **35** Muli, sa sumunod na araw, habang si Juan ay
nakatayong kasama ang dalawang alagad **36** nakita nila si
Jesus na naglalakad sa malapit, at sinabi ni Juan, “Tingnan
ninyo, ayun ang Kordero ng Diyos!” **37** Narinig ng dalawang
alagad na sinabi ni Juan ito, at sila ay sumunod kay Jesus.
**38** At si Jesus ay lumingon at nakita silang sumusunod at
sinabi sa kanila, “Anung nais ninyo?” Sumagot sila, “Rabi
(na ang ibig sabihin ay 'Guro'), saan ka nakatira?” **39** Sinabi
niya sa kanila, “Halikayo at tingnan.” At sila ay pumaroon at
nakita kung saan siya nakatira; sila ay tumira kasama niya
sa araw na iyon sapagkat noon ay halos mag-aalas kuwatro
na. **40** Isa sa dalawang nakarinig na nagsalita si Juan at
pagkatapos sumunod kay Jesus ay si Andres na kapatid ni
Simon Pedro. **41** Una niyang nakita ang kaniyang sariling
kapatid na si Simon at sinabi sa kaniya, “Nakita na namin
ang Mesias,” (na sinalin na, 'ang Cristo'). **42** Dinala niya siya
kay Jesus. Si Jesus ay tumingin sa kaniya at sinabi, “Ikaw si
Simon anak ni Juan. Ikaw ay tatawaging Cepas” (na ang ibig
sabihin ay 'Pedro'). **43** Kinabukasan, nang si Jesus ay nais
na umalis para pumunta sa Galilea, nakita niya si Felipe
at sinabi sa kaniya, “Sumunod ka sa akin.” **44** Ngayon si

Felipe ay galing sa Bethsaida, ang lungsod nila Andres at
Pedro. 45 Natagpuan ni Felipe si Nathanael at sinabi sa
kaniya, "Ang siyang naisulat sa kaustusan ni Moises at ng
mga propeta - ay nakita namin, si Jesus na taga-Nazaret
na anak ni Jose." 46 Sinabi ni Nathanael, "Maaari bang
may magandang bagay na magmula sa Nazaret?" Sinabi
ni Felipe sa kaniya, "Halika at tingnan mo." 47 Nakita ni
Jesus na palapit si Nataniel sa kaniya at sinabi ang tungkol
sa kaniya, "Tingnan ninyo, isa ngang tunay na Israelita,
na walang panlilinlang." 48 Sinabi sa kaniya ni Nataniel,
"Papaano mo ako nakikilala?" Sumagot si Jesus at sinabi
sa kaniya, "Bago ka tawagin ni Felipe, nang nasa ilalim ka
ng puno ng igos, nakita na kita." 49 Sumagot si Nathanael,
"Rabi, ikaw ang Anak ng Diyos! Ikaw ang Hari ng Israel!" 50
Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, "Dahil ba sa sinabi ko
sa iyo, 'Nakita kita sa ilalim ng puno ng igos', naniniwala ka
na? Makakakita ka ng mga bagay na mas higit pa kaysa
dito." 51 Sinabi ni Jesus, "Totoo, totoo itong sinasabi ko
sa iyo, makikita mong magbukas ang mga kalangitan, at
ang mga anghel ng Diyos ay umaakyat at bumababa sa
kinaroroonan ng Anak ng Tao."

**2** Matapos ang tatlong araw, may kasalan sa Cana ng
Galilea, at ang ina ni Jesus ay naroon. 2 Si Jesus at ang
kaniyang mga alagad ay naanyayahan sa kasalan. 3 Nang
maubos ang alak, sinabi ng ina ni Jesus sa kaniya, "Wala
silang alak." 4 Sumagot si Jesus, "Babae, ano ang kinalaman
niyan sa akin? Ang oras ko ay hindi pa dumarating." 5
Sinabi nang kaniyang ina sa mga lingkod, "Anumang sabihin
niya sa inyo, gawin ninyo." 6 Ngayon mayroon doong anim
na mga banga ng tubig na ginagamit sa seremonya ng
paghuhugas ng mga Judio, na ang bawa't isa ay naglalaman
ng may dalawa hanggang tatlong metretes. 7 Sinabi ni
Jesus sa kanila, "Punuin ninyo ang banga ng tubig." Kaya
pinuno nila ang mga ito hanggang labi. 8 Pagkatapos ay
sinabi niya sa mga lingkod, "Kumuha kayo ng kaunti at
ibigay sa punong tagapag-silbi." Kaya ginawa nga nila. 9
Tinikman ng punong tagapag-silbi ang tubig na naging alak,
ngunit hindi niya alam kung saan ito nanggaling (ngunit
alam ito ng mga lingkod na kumuha ng tubig). Pagkatapos
ay tinawag niya ang lalaking bagong kasal 10 at sinabi sa
kaniya, "Ang unang hinahain ng bawa't isa ay ang mainam
na alak at pagkatapos ay ang murang alak kapag ang
mga tao ay lasing na. Ngunit itinira mo ang napakainam
na alak hanggang ngayon." 11 Ang himalang ito sa Cana
ng Galilea ay ang simula ng mga mahimalang tanda na
ginawa ni Jesus, ipinapahayag ang kaniyang kaluwalhatian,
kaya ang mga alagad ay nananampalataya sa kaniya. 12
Pagkatapos nito, si Jesus, ang kaniyang ina, ang kaniyang
mga kapatid, at ang kaniyang mga alagad ay pumunta
pababa ng Capernaum, at duon nanatili sila ng mga ilang
araw. 13 Ngayon malapit na ang Paskwa ng mga Judio,
kaya si Jesus ay umakyat sa Jerusalem. 14 Natagpuan niya
sa templo ang mga nagbebenta ng mga baka, tupa at mga
kalapati. Ang mga tagapagpalit ng pera ay naroroon din at
nakaupo. 15 Kaya gumawa siya nang isang panghagupit na
lubid at pinaalis silang lahat palabas ng templo, pati na ang
mga tupa at baka. Itinapon niya ang pera ng tagapagpalit
ng salapi at itinaob ang kanilang mga mesa. 16 Sinabi
niya sa mga taga-benta nang kalapati, "Alisin ninyo rito
ang mga bagay na ito. Tigilan ninyong gawing palengke
ang tahanan ng aking Ama." 17 Naalala ng kaniyang mga
alagad na nasusulat, "Ang sigasig para sa iyong tahanan ay
tutupok sa akin." 18 Pagkatapos ay tumugon ang mga may
katungkulang Judio, sinasabi sa kaniya, "Anong tanda ang
ipapakita mo sa amin dahil ginagawa mo ang mga bagay na
ito?" 19 Sumagot si Jesus, "Wasakin ang templong ito, at sa
tatlong araw aking itatayo ito." 20 At sinabi ng mga may
katungkulang Judio, "Umabot nang apatnapu't anim na taon
para magawa ang templong ito, at itatayo mo ito sa tatlong
araw?" 21 Subalit, siya ay nagsasalita tungkol sa templo ng
kaniyang katawan. 22 Kaya't pagkatapos noon nang siya
ay ibangon mula sa kamatayan, naalala ng kaniyang mga
alagad na sinabi niya ito, at sila ay nanalig sa kasulatan
at sa pahayag na sinabi ni Jesus. 23 Ngayon nang siya
ay nasa Jerusalem, habang pista ng Paskwa, marami ang
naniwala sa kaniyang pangalan, nang nakita nila ang ginawa
niyang mapaghimalang tanda. 24 Ngunit walang tiwala si
Jesus sa kanila dahil kilala niya lahat ng sangkatauhan.
25 Hindi niya kailangan ang sinuman para magpatotoo sa
kaniya tungkol sa kung ano ang klase ng mga tao, sapagkat
alam niya kung anong nasa sa kanila.

**3** Ngayon mayroon isang Pariseo na nagngangalang
Nicodemo, kasapi ng Konseho ng Judio. 2 Pumunta
ang taong ito kay Jesus nang bandang gabi, at sinabi niya
"Rabi, alam namin ikaw ay isang guro galing sa Diyos dahil
walang sinumang makagagawa ng mga tandang ito na
ginawa mo maliban na nasa kaniya ang Diyos." 3 Sumagot
si Jesus sa kanya, "Tunay nga, maliban kung isilang muli
ang isang tao hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos." 4
Sinabi ni Nicodemo sa kaniya, "Paano ipapanganak ang
isang tao kung siya ay matanda na? Hindi na siya pwedeng
pumasok sa pangalawang pagkakataon sa sinapupunan ng
kaniyang ina at ipanganak, kaya ba niya?" 5 Sumagot si
Jesus, "Tunay nga, maliban kung ipinanganak ang isang
tao sa tubig at sa Espiritu, hindi siya makakapasok sa
kaharian ng Diyos. 6 Iyong ipanganak sa laman ay laman, at
iyong ipanganak sa Espiritu ay espritu. 7 Huwag kayong
mamangha na sinabi ko sa inyo, 'Dapat kayong ipanganak

muli.' 8 Umiihip ang hangin kung saan niya gusto. Naririnig
ninyo ang huni nito, ngunit hindi ninyo alam kung saan
ito nagmula o kung saan ito pupunta. Gayon din naman
ang sinumang isilang sa Espiritu." 9 Sumagot si Nicodemo,
sinasabi, "Paano mangyayari ang mga bagay na ito?" 10
Sinagot siya ni Jesus, "Ikaw ba ay guro ng Israel, at hindi mo
naiintindihan ang mga bagay na ito? 11 Tunay nga, sinasabi
namin iyong alam namin, at pinatotohanan iyong nakita
namin. Subalit kayong mga tao, hindi ninyo tinatanggap ang
aming patotoo. 12 Kung sinabi ko sa iyo ang tungkol sa
mga bagay na makalupa at hindi ka naniwala, paano ka
maniniwala kung sasabihin ko sa iyo ang mga bagay na
makalangit? 13 Walang sinumang umakyat sa langit maliban
ang bumaba mula sa langit, ang Anak ng Tao. 14 Tulad ng
pagtaas ni Moises ng ahas sa ilang, gayon din naman ang
Anak ng Tao ay kailangang maitaas, 15 upang ang lahat
ng mananampalataya sa kaniya ay magkaroon ng buhay
na walang hanggan. **(aiōnios g166)** 16 Dahil labis na inibig
ng Diyos ang sangkatauhan, ibinigay niya ang kaniyang
natatangi at nag-iisang Anak upang ang sinumang manalig
sa kaniya ay hindi mamatay ngunit magkakaroon ng buhay
na walang hanggan. **(aiōnios g166)** 17 Dahil hindi isinugo
ng Diyos ang kaniyang Anak sa mundo para parusahan
ang sangkatauhan, ngunit para ang mundo ay marapat na
maligtas sa pamamagitan niya. 18 Ang nananampalataya sa
kaniya ay hindi mahatulan. Ang hindi nananampalataya ay
nahatulan na dahil hindi siya nananampalataya sa pangalan
ng natatanging Anak ng Diyos. 19 Ito ang dahilan sa
paghahatol, na ang ilaw ay dumating sa mundo, at minahal
ng mga tao ang dilim kaysa ang liwanag dahil masama
ang kanilang mga naging gawa. 20 Dahil ang sinuman na
gumagawa ng masama ay galit sa liwanag at hindi lumalapit
sa ilaw upang ang kaniyang mga gawa ay hindi malantad.
21 Subalit ang gumagawa ng katotohanan ay lumalapit sa
liwanag upang ang kaniyang mga gawa ay malinaw na
makita at ang mga iyon ay naganap dahil sa pagsunod
sa Diyos." 22 Pagkatapos nito, si Jesus at ang kaniyang
mga alagad ay pumunta sa lupain ng Judea. Doon siya ay
naglalaan ng panahon kasama nila at nagbabautismo. 23
Ngayon si Juan din ay nagbabautismo sa Enon malapit sa
Salim dahil higit na marami ang tubig doon. Lumalapit sa
kaniya amg mga tao at sila ay nababautismuhan, 24 dahil
hindi pa naipatapon sa bilangguan si Juan. 25 Pagkatapos
ay may lumitaw na alitan sa pagitan ng ilang alagad ni Juan
at sa isang Judio tungkol sa seremonya ng paghuhugas. 26
Pumunta sila kay Juan, at sinabi nila sa kanya "Rabi, yung
kasama mo sa ibayo ng ilog Jordan, na iyong pinatotohanan,
tingnan mo, nagbabautismo siya at pumupunta ang lahat
sa kaniya." 27 Sumagot si Juan, "Walang anumang bagay
ang tatanggapin ng isang tao maliban na lamang kung ito
ay ibinigay sa kaniya mula sa langit. 28 Kayo mismo ang
makapagpapatunay na sinabi ko, 'Hindi ako ang Cristo' sa
halip sinabi ko, 'Isinugo ako bago pa siya." 29 Ang kasama
ng ikakasal na babae ay ang ikakasal na lalaki. Ngayon
ang kaibigan ng ikakasal na lalaki, na siyang nakatayo
at nakikinig, ay labis ang tuwa dahil sa tinig ng ikakasal
na lalaki. Ito ngang aking kagalakan ay naging ganap. 30
Siya ay dapat maitaas, subalit ako ay dapat maibaba. 31
Ang mula sa kaitaasan ay nakatataas sa lahat. Ang taga
lupa ay nagmula sa lupa at nagsasalita ng mga bagay na
makalupa. Ang mula sa langit ay nakatataas sa lahat. 32
Nagpapatotoo siya kung ano ang kaniyang nakita at narinig,
ngunit walang taong tumatanggap sa kaniyang patotoo. 33
Ang tumanggap sa kaniyang patotoo ay pinatunayan na
totoo ang Diyos. 34 Dahil ang sinumang ipinadala ng Diyos
ay ipinapahayag ang mga salita ng Diyos. Dahil hindi niya
ibinigay ang Espiritu sa pamamagitan ng sukat. 35 Mahal ng
Ama ang Anak at ibinigay niya ang lahat sa kaniyang mga
kamay. 36 Ang nananampalataya sa Anak ay may buhay na
walang hanggan, ngunit ang sinumang hindi sumusunod sa
Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi mananatili ang
poot ng Diyos sa kaniya." **(aiōnios g166)**

**4** Ngayon, nang malaman ni Jesus na narinig na ng mga
Pariseo na siya ay humihirang at nagbabautismo ng mas
maraming alagad kaysa kay Juan 2 (bagama't hindi si Jesus
mismo ang nagbabautismo kundi ang kaniyang mga alagad),
3 iniwan niya ang Judea at lumisan papuntang Galilea. 4
Ngayo'y kinakailangan niyang dumaan ng Samaria. 5 Kaya
dumating siya sa isang bayan ng Samarya na tinawag
na Sicar, malapit sa isang lagay ng lupa na ibinigay ni
Jacob sa kaniyang anak na si Jose. 6 Naroon ang balon ni
Jacob. Napagod si Jesus sa kaniyang paglalakbay, at siya
ay umupo sa may balon. Ito ay magtatanghaling tapat. 7
Isang Samaritana ang dumating upang mag-igib ng tubig, at
sinabi ni Jesus sa kaniya, "Bigyan mo ako ng konting tubig
na maiinom." 8 Dahil ang kaniyang mga alagad ay umalis
papuntang bayan upang bumili ng pagkain. 9 Pagkatapos
ay sinabi ng Samaritana sa kaniya, "Paanong ikaw, na
isang Judio, ay humihingi sa akin, na isang Samaritana,
ng maiinom?" Dahil ang mga Judio ay hindi nakikitungo
sa mga Samaritano. 10 Sinagot siya ni Jesus, "Kung batid
mo ang kaloob ng Diyos, at kung sino itong nagsasabi sa
iyong, 'Bigyan mo ako ng inumin,' ikaw sana ang hihingi
sa kaniya, at ibibigay niya sa iyo ang tubig na buhay." 11
Sumagot ang babae, "Ginoo, wala kang panalok, at malalim
ang balon. Saan kayo kukuha ng tubig na buhay? 12 Hindi
ka higit na dakila kaysa aming amang si Jacob, di ba, na
nagbigay sa amin ng balon, at uminom siya mula dito, gayun

din ang kaniyang mga anak at kaniyang mga baka?” 13
Sumagot si Jesus, “Ang bawat iinom ng kaunting tubig na
ito ay muling mauuhaw, 14 ngunit ang sinumang uminom
ng kaunting tubig na ibibigay ko sa kaniya ay hindi kailan
man muling mauuhaw. Sa halip, ang tubig na ibibigay ko sa
kaniya ay magiging bukal ng tubig na magdudulot sa kaniya
ng buhay na walang hanggan.” **(aiōn g165, aiōnios g166)** 15
Ang sabi ng babae sa kaniya, “Ginoo, bigyan mo ako ng
tubig na ito para hindi na ako mauuhaw at hindi na pumunta
dito para umigib ng tubig.” 16 Ang sabi ni Jesus sa kaniya,
“Umuwi ka, tawagin mo ang iyong asawa, at bumalik ka
dito.” 17 Sumagot ang babae, sinasabi sa kanya, “Wala
akong asawa.” Sumagot si Jesus, “Mabuti ang pagkasabi
mo, 'wala akong asawa,' 18 dahil nagkaroon ka na ng limang
asawa at ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa.
Sa gayon mabuti ang pagkasabi mo.” 19 Ang sabi ng babae
sa kaniya, “Ginoo, nakikita kong ikaw ay isang propeta. 20
Dito sa bundok na ito sumamba ang aming mga ninuno,
ngunit iyong sinasabi na itong Jerusalem ay ang lugar kung
saan ang mga tao ay dapat sumamba.” 21 Sumagot si Jesus
sa kaniya, “Babae, maniwala ka sa akin, darating ang oras
na sasambahin ninyo ang Ama ni sa bundok na ito o sa
Jerusalem. 22 Sinasamba ninyo ang hindi ninyo nalalaman.
Alam namin ang aming sinasamba, sapagkat ang kaligtasan
ay nagmula sa mga Judio. 23 Subalit darating ang oras,
at narito na nga, na ang mga tunay na sumasamba ay
sasambahin ang Ama sa espiritu at katotohanan, dahil ang
Ama ay naghahanap ng mga ganoong tao na sasamba
sa kaniya. 24 Ang Diyos ay isang Espiritu, at ang mga
taong sasamba sa kaniya ay dapat sumamba sa espiritu at
katotohanan.” 25 At sinabi ng babae sa kaniya, “Alam ko na
ang Mesias ay darating (ang tinatawag na Cristo). Kapag
dumating siya, ihahayag niya ang lahat ng bagay sa amin.”
26 Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Ako, na nagsasalita sa iyo, ay
siya nga.” 27 At sa sandaling iyon bumalik ang kaniyang mga
alagad. Ngayon sila ay nagtataka bakit siya nakikipag-usap
sa isang babae. Ngunit walang isa man ang nagsabi, “Ano
ang iyong gusto?” o “Bakit ka nakikipag-usap sa kanya?”
28 Kaya iniwan ng babae ang kaniyang sisidlan ng tubig.
Bumalik sa bayan, at sinabi sa mga tao, 29 “Halikayo tingnan
niyo ang lalaking nagsabi sa akin ng lahat ng aking ginawa.
Hindi maaaring maging siya ang Cristo, maaari kaya? “
30 Nagsilabasan sila sa bayan, at nagpunta sa kaniya. 31
Samantala hinihimuk siya ng mga alagad, sinasabi, “Rabi,
kumain ka.” 32 Ngunit sinabi niya sa kanila, “Mayroon akong
pagkaing kakanin na hindi niyo nalalaman.” 33 Kaya sinabi
ng mga alagad sa isa't-isa, “Wala namang nagdala sa kaniya
ng anumang kakainin, mayroon ba?” 34 Sinabi ni Jesus sa
kanila, “Ang aking pagkain ay ang gawin ang kalooban ng
siyang nagpadala sa akin, at para tapusin ang kaniyang
gawa. 35 Hindi ba sinasabi ninyo, 'Mayroon pang apat na
buwan at pagkatapos darating ang anihan'? Sinasabi ko sa
inyo, tingnan ninyo at pagmasdan ang mga kabukiran, dahil
ang mga iyon ay hinog na upang anihin! 36 Ang nag-aani ay
tatanggap ng bayad at nagtitipon ng bunga para sa buhay na
walang hanggan, upang ang nagtatanim at ang umaanii ay
maaaring magkasamang magdiwang. **(aiōnios g166)** 37 Dahil
dito totoo ang kasabihan 'Isa ang nagtatanim, at iba ang nag-
aani.' 38 isinugo ko kayo upang anihin iyong hindi kayo ang
nagpagal. Iba ang nagpagal at kayo mismo ay napabilang
sa kanilang pagpapagal.” 39 Marami sa mga Samaritano sa
lunsod na yun ang nananampalataya sa kaniya dahil sa ulat
ng babae na nagpapatotoo, “Sinabi niya sa akin ang lahat ng
aking nagawa.” 40 Nang dumating ang mga Samaritano sa
kaniya, nagsumamo sa kaniya na manatili sa kanila, at siya
ay nanatili doon ng dalawang araw. 41 At marami pa ang
nananampalataya dahil sa kaniyang salita. 42 Sinasabi nila
sa babae, “Kami ay naniwala, hindi lamang dahil sa iyong
mga salita, sapagkat napakinggan namin siya sa aming sarili,
at alam namin na tunay ngang siya ang tagapagligtas ng
mundo.” 43 Pagkalipas ng dalawang araw na iyon, lumisan
siya mula roon patungong Galilea. 44 Dahil si Jesus mismo
ang nagpahayag na ang isang propeta ay walang karangalan
sa kaniyang sariling bansa. 45 Nang dumating siya sa
Galilea, malugod na tinanggap siya ng mga taga Galilea.
Nakita nila ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginawa
sa Jerusalem at sa kapistahan, dahil sila din ay nagpunta
sa kapistahan. 46 Ngayon dumating muli siya sa Cana na
nasa Galilea, sa lugar na ginawa niyang alak ang tubig.
Mayroong isang maharlikang pinuno na ang anak na lalaking
nasa Capernaum ay may sakit. 47 Nang marinig niya na si
Jesus ay dumating sa Galilea mula Judea, pumunta siya kay
Jesus at nagsumamo siya upang lumusong at pagalingin
ang kaniyang anak, na nasa bingit ng kamatayan. 48 At
sinabi ni Jesus sa kaniya, “Maliban na inyong makita ang
mga tanda at mga kahanga-hangang mga gawa, hindi kayo
maniniwala.” 49 Sinabi ng pinuno sa kaniya, “Ginoo, halina't
sumama ka na bago mamatay ang aking anak.” 50 Sinabi
ni Jesus sa kaniya, “Humayo ka, mabubuhay ang iyong
anak.” Ang lalaki ay naniwala sa salita na sinabi ni Jesus
sa kaniya, at tumuloy sa kaniyang landas. 51 Habang siya
ay bumababa, sinalubong siya ng kaniyang mga lingkod,
nagsasabing buhay ang kaniyang anak. 52 Kaya nagtanong
siya sa kanila kung anong oras siya nagsimulang gumaling.
Sumagot sila sa kaniya, “Kahapon ng ala una ay nawala
ang kaniyang lagnat.” 53 At napagtanto ng ama na iyon din
ang oras nang binanggit ni Jesus sa kaniya, “Mabubuhay
ang iyong anak.” Kaya siya mismo at ang kaniyang buong

sambahayan ay nanampalataya. 54 Ito ang pangalawang
tanda na ginawa ni Jesus mula nang umalis siya sa Judea
patungong Galilea.

5 Pagkatapos nito mayroong isang kapistahan ang mga
Judio, at si Jesus ay umakyat pa Jerusalem. 2 Ngayon,
mayroon sa Jerusalem, sa may tarangkahan ng tupa, isang
palanguyan na tinatawag sa Hebreo na Bethzata. Ito ay
mayroong limang mga portico na may bubungan. 3 Maraming
bilang ng mga tao na may sakit, bulag, pilay, o lumpo ang
mga nakahiga sa mga portico na ito. 4 ( naghihintay sa
paggalaw ng tubig) 5 Nandoon ang isang lalaki na tatlumpu't
walong taon ng lumpo. 6 Nang makita siya ni Jesus na
nakahiga doon, at napag-alaman niyang matagal na siya
nandoon, sinabi niya sa kaniya, “Ibig mo bang gumaling?”
7 Sumagot ang lalaking may sakit, “Ginoo, wala akong
sinumang magdadala sa akin sa palanguyan kapag napukaw
ang tubig. Kapag aking sinusubukan, mayroong nauuna sa
akin.” 8 Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Bumangon ka, kunin mo
ang iyong banig, at lumakad ka.” 9 Agad-agad gumaling ang
lalaki, binuhat ang kaniyang higaan at lumakad. Ngayon
ang araw na iyon ay Araw ng Pamamahinga. 10 Kaya
sinabihan ng mga Judio sa kaniyang pinagaling, “Ito ang
Araw ng Pamamahinga, at hindi ka pinapayagang magbuhat
ng iyong banig.” 11 Sumagot siya, “Ang nagpagaling sa
akin ang nagsabi sa akin, 'Damputin mo ang iyong banig
at lumakad ka.'” 12 Tinanong nila siya, “Sino ang taong
nagsabi sa iyong, 'Damputin mo ang iyong banig at lumakad
ka?'” 13 Subalit, hindi kilala ng pinagaling kung sino siya
sapagkat si Jesus ay palihim na umalis papalayo, dahil
maraming ng tao sa lugar. 14 Pagkatapos, natagpuan siya
ni Jesus sa templo at sinabi sa kaniya, “Tingnan mo, ikaw
ay gumaling na! Huwag ka nang magkasala pa, baka may
malala pang mangyari sa iyo.” 15 Ang lalaki ay umalis
papalayo at pinagbigay-alam sa mga Judio na si Jesus ang
nagpagaling sa kanya. 16 Ngayon dahil sa mga bagay na
ito, inusig ng mga Judio si Jesus sapagkat ginawa niya
ang mga ito sa Araw ng Pamamahinga. 17 Sinabi ni Jesus
sa kanila, “Ang aking Ama ay gumagawa kahit ngayon,
at ako rin ay gumagawa. 18 Dahil dito, hinangad lalo ng
mga Judio na patayin siya sapagkat hindi lamang niya
nilabag ang Araw ng Pamamahinga, ngunit tinawag din
niya ang Diyos na kaniyang Ama, at ginagawang kapantay
ang kaniyang sarili sa Diyos. 19 Sinagot sila ni Jesus,
“Tunay nga, walang magagawa ang Anak sa kaniyang
sarili lamang, maliban lamang sa anong nakikita niya na
ginagawa ng Ama, sapagkat anuman ang ginagawa ng
Ama, ang mga bagay na ito ay ginagawa din ng Anak. 20
Sapagkat iniibig ng Ama ang Anak, at ipinapakita niya sa
kaniya ang lahat ng kaniyang ginagawa, at ipapakita niya
ang mga mas dakilang bagay kaysa sa mga ito para kayo ay
mamangha. 21 Sapagkat tulad ng Ama na binabangon ang
mga patay at binibigyan sila ng buhay, gayun din naman ang
Anak ay nagbibigay ng buhay kung kanino niya naisin. 22
Sapagkat walang hinuhusgahan ang Ama, kundi ibinigay
na niya ang lahat ng paghuhusga sa Anak 23 upang ang
lahat ay parangalan ang Anak katulad ng pagparangal
nila sa Ama. Ang hindi nagpaparangal sa Anak ay hindi
nagpaparangal sa Ama na nagsugo sa kaniya. 24 Tunay
nga, ang nakarinig ng aking salita at naniwala sa kaniya na
nagsugo sa akin ay mayroong buhay na walang hanggan
at hindi mahahatulan. Sa halip, nailipat na siya mula sa
kamatayan patungo sa buhay. **(aiōnios g166)** 25 Tunay nga,
sinasabi ko sa inyo na darating ang panahon at narito na, na
maririnig ng patay ang tinig ng Anak ng Diyos, at ang mga
nakarinig ay mabubuhay. 26 Sapagkat tulad ng Ama na may
buhay sa kaniyang sarili, kaya binigyan din niya ang Anak ng
buhay sa kaniyang sarili, 27 at binigyan ng Ama ang Anak
ng kapangyarihan na gampanan ang paghahatol sapagkat
siya ang Anak ng Tao. 28 Huwag mamangha dito, sapagkat
darating ang panahon kung saan lahat ng nasa libingan
ay maririnig ang kaniyang tinig 29 at sila ay magsilabasan:
iyong mga nakagawa ng mabuti sa pagkabuhay muli sa
buhay, at iyong mga nakagawa ng masama sa pagkabuhay
na muli sa paghahatol. 30 Wala akong magagawa mula
sa aking sarili. Kung anon narinig ko, humahatol ako, at
ang aking hatol ay matuwid dahil hindi ko hinahangad ang
sarili kong kalooban ngunit ang kalooban ng nagpadala
sa akin. 31 Kung ako ay magpapatotoo tungkol sa aking
sarili lamang, ang aking patotoo ay hindi magiging tunay. 32
Mayroong isa pa na siyang nagpapatotoo patungkol sa akin,
at alam ko na ang patotoo na ibibigay niya tungkol sa akin
ay tunay. 33 Nagpasugo kayo kay Juan, at nagpatotoo siya
sa katotohanan. 34 Subalit, ang patotoo na aking natanggap
ay hindi galing sa tao. Sinasabi ko ang mga bagay na ito
upang kayo ay maligtas. 35 Si Juan ay isang lamparang
nagniningas at nagliliwanag, at kayo ay kusang nagalak ng
isang kapanahunan sa kaniyang liwanag. 36 Ngunit ang
patotoo na mayroon ako ay higit na dakila kaysa kay Juan,
sapagkat ang mga gawaing ibinigay sa akin ng Ama na
dapat kong ganapin, ang mismong mga gawain na ginagawa
ko, ay nagpapatotoo tungkol sa akin na ako ay isinugo ng
Ama. 37 Ang Ama na siyang nagpadala sa akin ang siya ring
nagpatotoo tungkol sa akin. Hindi ninyo kailanman narinig
ang kaniyang tinig o nakita ang kaniyang anyo. 38 Hindi
nananatili ang kaniyang salita sa inyo, sapagkat hindi kayo
naniniwala sa kaniyang isinugo. 39 Sinaliksik ninyo ang mga
kasulatan sapagkat akala ninyo na sa mga ito ay mayroon
na kayong buhay na walang hanggan, at ang mga kasulatan

ding ito ay nagpatotoo tungkol sa akin, **(aiōnios g166)** **40** at hindi
ninyo gustong lumapit sa akin upang kayo ay magkaroon ng
buhay. **41** Hindi ako tumatanggap ng papuri mula sa mga tao,
**42** ngunit alam ko na wala ang pag-ibig ng Diyos sa inyong
mga sarili. **43** Ako ay dumating sa ngalan ng aking Ama at
hindi ninyo ako tinatanggap. Kung may iba na dumating
sa kaniyang sariling pangalan, tatanggapin ninyo siya. **44**
Papaano kayo maniniwala, kayo na tumatanggap ng papuri
mula sa isa't isa ngunit hindi naghahangad ng papuri na
nagmumula sa kaisa-isang Diyos? **45** Huwag ninyong isipin
na ako mismo ang magpaparatang sa inyo sa harap ng Ama.
Ang nagpaparatang sa inyo ay si Moises, na pinaglalagyan
ninyo ng inyong mga pag-asa. **46** Kung naniniwala kayo kay
Moises, maniniwala kayo sa akin sapagkat sumulat siya
tungkol sa akin. **47** Kung hindi kayo nanininwala sa kaniyang
mga isinulat, paano kayo maniniwala sa aking mga salita?”

**6** Pagkatapos ng mga bagay na ito, si Jesus ay umalis
papunta sa kabilang ibayo ng Dagat ng Galilea, na
tinatawag din na Dagat ng Tiberias. **2** Napakaraming tao
ang sumusunod sa kaniya dahil nakikita nila ang mga tanda
na ginagawa niya sa may mga sakit. **3** Umakyat si Jesus
sa gilid ng bundok at naupo doon kasama ang kaniyang
mga alagad. **4** (Ngayon ang Paskwa na kapistahan ng
mga Judio ay malapit na). **5** Nang tumanaw si Jesus at
nakita ang napakaraming taong lumalapit sa kaniya, sinabi
niya kay Felipe, “Saan tayo makabili ng tinapay upang
ang mga taong ito ay makakain?” **6** (Ngunit sinabi ito ni
Jesus upang subukin si Felipe, sapagkat alam niya sa
kaniyang sarili kung ano ang kaniyang gagawin.) **7** Sumagot
si Felipe sa kaniya, “Ang tinapay na nagkakahalaga ng
dalawang daang denario ay hindi magkakasya para sa
bawa't isa kahit na bigyan ng tig-kakaunti.” **8** Isa sa mga
alagad, si Andres, kapatid ni Simon Pedro, ay nagsabi kay
Jesus, **9** “Mayroong isang batang narito na mayroong limang
sebadang tinapay at dalawang isda, ngunit ano ang mga ito
sa ganito karaming tao?” **10** Sinabi ni Jesus, “Paupuin ninyo
ang mga tao.” (Ngayon madamo sa lugar na iyon.) Kaya
naupo ang mga tao, mga limang libo ang bilang. **11** At kinuha
ni Jesus ang mga tinapay at matapos makapagpasalamat
ay ipinamahagi niya sa mga taong nakaupo. Sa ganoon
ding paraan, ipinamahagi din niya ang mga isda, hangga't
sa gusto nila. **12** Nang nabusog na ang mga tao, sinabi
niya sa kaniyang mga alagad, “Ipunin ang natirang mga
pira-piraso, para walang masayang.” **13** Kaya inipon nila
ang mga ito at puno ang labindalawang kaing ng mga
pira-pirasong mula sa limang sebadang tinapay - ang mga
pirasong natira mula sa mga nakakain. **14** At nang makita ng
mga tao ang tandang ito na kaniyang ginawa, sinabi nila,
“Ito ang tunay na propeta na siyang darating sa mundo.” **15**
Nang napagtanto ni Jesus na sila ay papunta at sapilitan
siyang gagawing hari, muli siyang lumayo at mag-isang
umakyat sa bundok. **16** Nang dumating ang gabi, ang mga
alagad ay bumaba papunta sa lawa. **17** Sumakay sila sa
bangka, patawid ng dagat papuntang Capernaum. (Madilim
na nang oras na iyon at hindi pa pumunta si Jesus sa kanila).
**18** Ngayon, isang malakas na hangin ang umiihip at ang
dagat ay nagiging maalon. **19** At nang nakapagsagwan na
ang mga alagad ng mga dalawampu't lima o tatlumpung
istadya, nakita nila si Jesus na lumalakad sa ibabaw ng
dagat at papalapit sa bangka, at sila ay natakot. **20** Subalit
sinabi niya sa kanila, “Ako ito, huwag kayong matakot.”
**21** Pagkatapos kusa nilang tinanggap siya sa bangka, at
kaagad nakarating ang bangka sa lugar kung saan sila
papunta. **22** Kinabukasn, nakita ng karamihang nakatayo
sa kabilang ibayo ng dagat na walang ibang bangka doon
maliban sa isa at si Jesus ay hindi sumakay doon na kasama
ang kaniyang mga alagad, kundi ang kaniyang mga alagad
lamang. **23** (Subalit, may ilang mga bangka na nanggaling
mula sa Tiberias malapit sa lugar kung saan nila kinain ang
tinapay pagkatapos makapagpasalamat ang Panginoon.) **24**
Nang matuklasan ng karamihan na si Jesus o ang kaniyang
mga alagad ay wala doon, sila sila rin ay sumakay sa mga
bangka at nagpunta sa Capernaum at hinahanap si Jesus.
**25** Pagkatapos nila siyang matagpuan sa kabila ng lawa,
sinabi nila sa kaniya, “Rabi, kailan ka nagpunta dito? **26**
Sumagot si Jesus sa kanila, sinasabi, “Tunay nga, hinanap
ninyo ako, hindi dahil nakakita kayo ng mga tanda, ngunit
dahil nakakain kayo ng ilang tinapay at kayo ay nabusog. **27**
Tumigil kayo sa pagtrabaho para sa pagkaing nasisira, ngunit
pagtrabahuhan ang pagkaing mananatili pang habang-buhay
na ibibigay sa inyo ng Anak ng Tao, sapagkat inilagay ng
Diyos Ama ang kaniyang tatak sa kaniya. **(aiōnios g166)** **28**
Pagkatapos sinabi nila sa kaniya, “Ano ang dapat naming
gawin, upang magawa namin ang mga gawain ng Diyos?”
**29** Sumagot si Jesus, “Ito ay ang gawa ng Diyos: na kayo ay
sumampalataya sa kaniyang isinugo. **30** Kaya sinabi nila
sa kaniya, “Kung gayon anong tanda ang gagawin mo na
maari naming makita at maniwala sa iyo? Ano ang gagawin
mo? **31** Kinain ng aming mga ninuno ang manna sa ilang,
katulad ng nasusulat, “Binigyan niya sila ng tinapay mula
sa langit upang kainin.” **32** Pagkatapos, sumagot si Jesus
sa kanila, “Tunay nga, hindi si Moises ang nagbigay sa
inyo ng tinapay mula sa langit, ngunit ang aking Ama ang
nagbibigay sa inyo ng tunay na tinapay mula sa langit. **33**
Sapagkat ang tinapay ng Diyos ay nanggagaling mula sa
langit at nagbibigay buhay sa mundo. **34** Kaya sinabi nila sa
kaniya, “Ginoo, lagi mo kaming bigyan ng tinapay na ito.” **35**
Sinabi ni Jesus sa kanila, “Ako ang tinapay ng buhay, ang

lalapit sa akin ay hindi magugutom at ang sumampalataya
sa akin ay hindi mauuhaw kailanman. 36 Subalit, sinabi ko
sa inyo na nakita ninyo na ako, ngunit hindi pa rin kayo
naniniwala. 37 Lahat ng ibibigay sa akin ng Ama ay lalapit
sa akin, at ang lalapit sa akin ay hinding hindi ko itataboy. 38
Sapagkat ako ay bumaba mula sa langit, hindi upang gawin
ang aking kalooban kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin.
39 At ito ang kalooban ng nagsugo sa akin, na dapat walang
sinuman akong maiwala sa lahat ng ibinigay niya sa akin,
subalit dapat maibangon sila sa huling araw. 40 Dahil ito ang
kalooban ng aking Ama, na bawat isa na nakakakita sa Anak
at sumampalataya sa kaniya ay magkakaroon ng buhay
na walang hanggan at bubuhayin ko siya sa huling araw.
(aiōnios g166) 41 Pagkatapos nagbulungan ang mga Judio
tungkol sa kaniya dahil sa sinabi niya, “Ako ang tinapay
na bumaba mula sa langit.” 42 Sinabi nila, “Hindi ba ito
ay si Jesus na anak ni Jose, na kilala natin kung sino ang
ama at ina? Paano niya masasabi, 'Ako'y bumaba mula sa
langit'?” 43 Sumagot si Jesus, sinasabi sa kanila, “Tigilan
ninyo ang pagbubulung-bulungan sa inyong mga sarili.”
44 Walang taong maaaring makalapit sa akin maliban na
lamang kung ilapit siya ng Ama na siyang nagsugo sa akin,
at ibabangon ko siya sa huling araw. 45 Ito ay nasusulat sa
mga propeta, “Silang lahat ay tuturuan ng Diyos.' Bawat
isang nakarinig at natuto mula sa Ama ay lalapit sa akin.
46 Hindi sa ang sinuman ang nakakita sa Ama, maliban
sa siyang nagmula sa Diyos - nakita na niya ang Ama. 47
Tunay nga, ang mananampalataya ay may buhay na walang
hanggan. (aiōnios g166) 48 Ako ang tinapay ng buhay. 49
Kinain ng inyong mga ninuno ang manna sa ilang at sila ay
namatay. 50 Ito ang tinapay na nagmula sa langit, upang
ang isang tao ay kumain nito at hindi mamamatay. 51 Ako
ang buhay na tinapay na nagmula sa langit. Kung sinuman
ang kumain ng ilang tinapay na ito, siya ay mabubuhay
magpakailanman. Ang tinapay na aking ibibigay ay ang
aking laman para sa buhay ng mundo. (aiōn g165) 52 Ang
mga Judio ay nagalit sa isa't isa at nagsimulang magtalo-
talo, na sinasabi, “Paanong ibibigay sa atin ng taong ito ang
kaniyang laman upang kainin natin?” 53 At sinabi sa kanila
ni Jesus, “Tunay nga, maliban na lang kung kakainin ninyo
ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang kaniyang dugo,
hindi kayo magkakaroon ng buhay sa inyong mga sarili. 54
Sinuman ang kakain ng aking laman at iinom ng aking dugo
ay may buhay na walang hanggan, at ibabangon ko siya sa
huling araw. (aiōnios g166) 55 Sapagkat ang aking laman ay
tunay na pagkain, at ang aking dugo ay tunay na inumin.
56 Ang kakain ng aking laman at iinom ng aking dugo ay
nananatili sa akin, at ako sa kaniya. 57 Gaya ng buhay na
Ama na nagsugo sa akin, at gaya ng ako ay nabuhay dahil
sa Ama, ang kakain sa akin ay mabubuhay din dahil sa akin.
58 Ito ang tinapay na bumaba mula sa langit, hindi tulad ng
kinain ng mga ninuno at namatay. Ang kakain ng tinapay na
ito ay mabubuhay magpakailanman. (aiōn g165) 59 Sinabi
ni Jesus ang mga bagay na ito sa sinagoga habang siya
ay nagtuturo sa Capernaum. 60 Pagkatapos nang narinig
ng marami sa kaniyang mga alagad ito, sinabi nila, “Ito ay
mahirap na katuruan; sino kaya ang tatanggap nito?” 61
Dahil alam ni Jesus sa kaniyang sarili na ang kaniyang
mga alagad ay naguusap-usap tungkol dito, sinabi niya
sa kanila, “Ito ba ay nakasakit sa inyo? 62 Kung ganoon,
paano kung makita ninyo ang Anak ng Tao na umaakyat
papunta sa dati niyang kinaroroon? 63 Ang Espiritu ang
siyang nagbibigay buhay. Walang pakinabang ang laman.
Ang mga salita na nasabi ko sa inyo ay mga espiritu, at
ang mga ito ay buhay. 64 Gayun man mayroong ilan sa
inyo na hindi mananampalataya.” Sapagkat alam ni Jesus
mula pa sa simula sino ang hindi mananampalataya at
sino itong magkakanulo sa kaniya. 65 Sinabi niya, “Dahil
dito ay sinabi ko sa inyo na walang isa man na maaring
makalapit sa akin maliban na ipagkaloob sa kaniya ng Ama.”
66 Pagkatapos nito, marami sa kaniyang mga alagad ang
bumalik at hindi na lumakad kasama niya. 67 Kaya sinabi ni
Jesus sa Labingdalawa, “Hindi rin ninyong gustong umalis?
hindi ba?” 68 Sinagot siya ni Simon Pedro, “Panginoon,
kanino kami pupunta? Ikaw ang may mga salita ng buhay na
walang hanggan, (aiōnios g166) 69 at kami ay naniwala at
nalaman namin na ikaw ang Banal ng Diyos. “ 70 Sinabi ni
Jesus sa kanila, “Hindi ko ba kayo pinili, na Labindalawa, at
ang isa sa inyo ay isang diyablo?” 71 Ngayon sinabi niya
ang tungkol kay Judas anak ni Simon Iscariote, sapagkat
siya iyon na kabilang sa Labingdalawan na magkakanulo
kay Jesus.

7 At pagkatapos ng mga bagay na ito si Jesus ay naglakbay
sa Galilea, sapagkat hindi niya gustong pumunta sa
Judea dahil ang mga Judio ay nagpaplanong patayin siya. 2
Ngayon, nalalapit na ang kapistahan ng mga Hudyo, na
Kapistahan ng mga Kanlungan. 3 Kaya sinabi sa kaniya
ng kaniyang mga kapatid na lalaki, “Iwanan mo ang lugar
na ito at pumunta ka sa Judea, upang makita din ng iyong
mga alagad ang mga gawaing ginagawa mo. 4 Walang
sinumang gumagawa ng anumang bagay na palihim kung
siya mismo ay gustong makilala ng hayagan. Kapag ginawa
mo ang mga bagay na ito, ipakita mo ang iyong sarili sa
buong mundo.” 5 Sapagkat kahit ang mga kapatid niya
ay hindi naniniwala sa kaniya. 6 Kaya sinabi ni Jesus sa
kanila, “Ang aking panahon ay hindi pa dumating, ngunit
ang inyong panahon ay palaging nakahanda. 7 Hindi ka
maaring kamuhian ng mundo, ngunit kinamumuhian ako

nito dahil ako ay nagpatotoo tungkol dito na ang kaniyang
mga gawa ay masama. **8** Pumunta na kayo sa kapistahan;
hindi ako pupunta sa kapistahang ito dahil ang aking oras
ay hindi pa natutupad." **9** Pagkatapos niyang sinabi ang
mga bagay na ito sa kanila, siya ay nanatili sa Galilea.
**10** Subalit, pagkatapos pumunta ng kaniyang mga kapatid
sa kapistahan, sumunod din siya, hindi hayagan ngunit
palihim. **11** Hinahanap siya ng mga Judio sa kapistahan at
sinabi, "Nasaan siya?" **12** Nagkaroon ng matinding talakayan
sa maraming tao tungkol sa kaniya, sinabi ng ilan, "Siya
ay mabuting tao." Sinabi ng iba, "Hindi, nililigaw niya ang
karamihan." **13** Ngunit wala ni isa na hayagang nagsalita
tungkol sa kaniya dahil sa takot sa mga Judio. **14** Nang
malapit na matapos ang kapistahan, umakyat si Jesus
sa templo at nagsimulang magturo. **15** Namanghang ang
mga Judio at sinasabi, "Paano nagkaroon ng maraming
karunungan ang taong ito? Hindi naman siya nakapag-aral."
**16** Sinagot sila ni Jesus at sinabi, "Ang aking katuruan ay
hindi akin, ngunit sa kaniya na nagsugo sa akin. **17** Kung
sinuman ang nagnanais gawin ang kaniyang kalooban,
malalaman niya ang tungkol sa katuruang ito, kung ito ay
nangagaling sa Diyos o nanggaling sa sarili ko. **18** Sinuman
ang magsalita mula sa kaniyang sarili ay naghahangad ng
sariling kalulwalhatian, ngunit sinuman ang naghahangad ng
kalulwalhatian sa kaniya na nagsugo sa kaniya, ang taong
iyon ay totoo at walang kasamaan sa kaniya. **19** Hindi ba
binigay sa inyo ni Moises ang kautusan? Gayunman wala
sa inyo ang gumagawa ng batas. Bakit gusto ninyo akong
patayin?" **20** Sumagot ang maraming tao, "Mayroon kang
isang demonyo. Sino ang may gustong pumatay sa iyo?
**21** Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, "Gumawa ako ng
isang bagay, at namangha kayo dahil dito. **22** Binigyan kayo
ni Moises ng pagtutuli (hindi sa iyon ay nagmula kay Moises,
ngunit nagmula sa mga ninuno), at sa Araw ng Pamamahinga
tinutuli ninyo ang isang lalaki. **23** Kung ang isang lalaki ay
tumanggap ng pagtutuli sa Araw ng Pamamahinga upang
ang batas ni Moises ay hindi malabag, bakit kayo nagagalit
sa akin dahil ginawa kong ganap na magaling ang isang
tao sa Araw ng Pamamahinga? **24** Huwag humatol ayon
sa anyo, ngunit humatol ng may katuwiran. **25** Sinabi ng
ilan sa kanila na taga-Jerusalem, "Hindi ba ito ang siyang
hinahangad nilang patayin? **26** At tingnan ninyo, hayagan
siyang nagsasalita at wala silang sinabi sa kaniya. Hindi
kaya alam ng mga pinuno na ito ang Cristo, maaari kaya?
**27** Alam natin kung saan nanggaling ang taong ito. Subalit,
kapag dumating ang Cristo, walang isa man ang nakakaalam
kung saan siya mangagaling." **28** Sumisigaw si Jesus sa
loob ng templo, nagtuturo at nagsasabi, "Kilala ninyo ako at
alam ninyo kung saan ako nanggaling. Hindi ako pumarito sa
aking sarili, ngunit ang nagsugo sa akin ay totoo at hindi niyo
siya kilala. **29** Kilala ko siya dahil ako ay nanggaling mula
sa kaniya at ako ay isinugo niya. **30** Sinusubukan nilang
dakpin siya, ngunit walang sinumang nangahas na hulihin
siya dahil hindi pa dumadating ang kaniyang panahon. **31**
Subalit, marami sa mga tao ang sumampalataya sa kaniya.
Sinabi nila, "Kapag dumating ang Cristo, gagawa ba siya
ng mas maraming tanda kaysa sa mga ginawa ng taong
ito?" **32** Narinig ng mga Pariseo ang bulong-bulungan ng
maraming tao tungkol kay Jesus, at ang mga punong pari
at ang mga Pariseo ay nagsugo ng mga opisyal upang
hulihin siya. **33** At sinabi ni Jesus, "Sa sandaling panahon
mananatili pa ako kasama ninyo, pagkatapos pupunta na
ako sa nagsugo sa akin. **34** Hahanapin ninyo ako ngunit
hindi ninyo ako makikita; kung saan ako papunta, hindi kayo
makakasama." **35** Kaya nag-usap-usap ang mga Judio,
"Saan papunta ang taong ito na hindi natin siya kayang
hanapin? Pupunta ba siya sa Pagkakalat sa mga Griyego at
tuturuan ang mga Griyego? **36** Ano itong salita na kaniyang
sinabi, 'Hahanapin ninyo ako ngunit hindi ako makikita; kung
saan ako pupunta, hindi kayo makakasama'?" **37** Ngayon
sa huling araw, ang dakilang araw ng kapistahan, tumayo
si Jesus at sumigaw na nagsasabi, "Kung sinuman ang
nauuhaw, hayaan siyang lumapit sa akin at uminom. **38**
Kung sino ang sumampalataya sa akin, gaya ng sinabi
ng kasulatan, mula sa kaniya dadaloy ang mga ilog ng
tubig na buhay. **39** Ngunit sinabi niya ito tungkol sa Espiritu
na tatanggapin ng mga mananampalataya sa kaniya; ang
Espiritu ay hindi pa naibibigay dahil si Jesus ay hindi pa
nalululwalhati. **40** Ang ilan sa maraming tao, nang narinig
nila ang mga salitang itoay nagsabi, "Tunay nga na ito ang
propeta." **41** Sinabi ng iba, "Ito ang Cristo." Ngunit sinabi ng
iba, "Ano, ang Cristo ba ay mangagaling sa Galilea? **42** Hindi
ba sinabi ng mga kasulatan na ang Cristo ay manggagaling
sa lahi ni David at mula sa Betlehem, ang nayon kung saan
galing si David?" **43** Kaya nagkaroon ng pagbabahagi sa
maraming tao dahil sa kaniya. **44** Ang iba sa kanila ay ninais
sanang dakpin siya, ngunit walang isa man ang humuli sa
kaniya. **45** Pagkatapos bumalik ang mga opisyal sa mga
punong pari at mga Pariseo, na nagsabi sa kanila, "Bakit
hindi ninyo siya dinala?" **46** Sumagot ang mga opisyal,
"Walang pang tao ang nagsalita kailanman ng katulad nito."
**47** Kaya sinagot sila ng mga Pariseo, "Kayo ba ay nailigaw
na rin?" **48** Mayroon ba sa mga namumuno o kahit sino sa
mga Pariseo ang sumampalataya sa kaniya? **49** Ngunit itong
maraming tao na hindi alam ang batas—sila ay sinumpa."
**50** Sinabi ni Nicodemo sa kanila, (siya na kabilang sa mga
Pariseo na pumunta noong una pa kay Jesus), **51** "Ang
ating batas ba ay humahatol sa isang tao nang hindi muna

marinig siya at nabatid kung ano ang kaniyang ginagawa?”
52 Sumagot sila at sinabi sa kaniya, “Nanggaling ka din ba
sa Galilea? Saliksikin at tingnan mo na walang propetang
manggagaling sa Galilea. “ 53 [Pagkatapos bawat tao ay
nagtungo sa kanilang sariling bahay.

**8** Si Jesus ay nagtungo sa Bundok ng mga Olibo. 2
Kinaumagahan, pumunta siyang muli sa templo, at lahat
ng mga tao ay pumunta sa kaniya; umupo siya at tinuruan
sila. 3 Ang mga eskriba at mga Pariseo ay nagdala ng isang
babaeng nahuli sa kasalukuyan ng pangangalunya. Nilagay
nila siya sa gitna. 4 At sinabi nila kay Jesus, “Guro, ang
babaeng ito ay nahuli sa kasalukuyang ng pangangalunya. 5
Ngayon sa batas inuutos ni Moises na batuhin ang ganitong
uri ng mga tao; ano ang iyong masasabi tungkol sa kaniya?”
6 Sinabi nila ito upang bitagin siya upang mayroon silang
maiparatang sa kaniya, ngunit yumuko si Jesus at sumulat
sa lupa gamit ang kaniyang daliri. 7 Nang patuloy sila sa
pagtatanong sa kaniya, siya ay tumayo at sinabi sa kanila,
“Ang walang kasalanan sa inyo, siya ang unang magtapon
ng bato sa kaniya.” 8 Muli siyang yumuko at nagsulat sa
lupa gamit ang kaniyang daliri. 9 Nang narinig nila ito, isa
isa silang umalis, simula sa pinakamatanda. Sa bandang
huli naiwan si Jesus mag-isa, kasama ang babae na nasa
kanilang kalagitnaan. 10 Tumayo si Jesus at sinabi sa kaniya,
“Babae, nasaan ang iyong mga taga-usig? Wala bang
humatol sa iyo?” 11 Sabi niya “Wala ni sinuman, Panginoon.”
Sabi ni Jesus, “Hindi rin kita hahatulan. Humayo ka sa iyong
pupuntahan; mula ngayon huwag ka nang magkakasala
pa.”] 12 Muli nagsalita si Jesus sa mga tao at sinabi, “Ako
ang ilaw ng mundo; ang sumusunod sa akin ay hindi na
maglalakad sa kadiliman kundi magkakaroon ng liwanag
ng buhay.” 13 Sinabi sa kaniya ng mga Pariseo, “Ikaw ang
nagpapatotoo tungkol sa iyong sarili; ang iyong patotoo ay
hindi tunay.” 14 Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, “Kahit
na ako ang nagpapatotoo tungkol sa aking sarili, ang aking
patotoo ay tunay. Alam ko kung saan ako nanggaling at saan
ako pupunta, ngunit kayo hindi ninyo alam kung saan ako
nanggaling o saan ako pupunta. 15 Humahatol kayo ayon sa
laman; ako ay walang hinahatulan. 16 Ngunit paghumatol
ako, ang aking paghatol ay tunay dahil hindi ako nag-iisa,
ngunit kasama ko ang aking Ama na nagsugo sa akin. 17
Tama, at sa inyong batas ay nakasulat ang pagpapatotoo ng
dalawang tao ay tunay. 18 Ako ang nagpapatotoo tungkol sa
aking sarili, at ang Ama na nagsugo sa akin ay nagpapatotoo
tungkol sa akin. 19 Sinabi nila sa kaniya, “Nasaan ang iyong
ama?” Sumagot si Jesus, “Hindi ninyo ako kilala ni ang
aking Ama; kung nakilala ninyo ako, makilala niyo na rin ang
aking Ama.” 20 Sinabi niya ang mga salitang ito na malapit
sa lugar ng ingat-yaman noong siya ay nagturo sa templo,
at walang sinuman ang humuli sa kaniya dahil hindi pa
dumarating ang kaniyang oras. 21 Sinabi niya muli sa kanila,
“Ako ay aalis; hahanapin ninyo ako at mamamatay kayo
sa inyong kasalanan. Kung saan ako pupunta, hindi kayo
makakasama.” 22 Sabi ng mga Judio “Papatayin ba niya ang
kaniyang sarili, siya na nagsabi, 'Kung saan ako pupunta,
hindi kayo makakasama'?” 23 Sinabi ni Jesus sa kanila,
“Kayo ay nagmula sa ibaba; ako ay nagmula sa itaas. Kayo
ay sa sanlibutang ito; ako ay hindi sa sanlibutang ito. 24
Kaya, sinabi ko sa inyo na mamamatay kayo sa inyong mga
kasalanan. Sapagkat maliban na maniniwala kayo na AKO
NGA, mamamatay kayo sa inyong mga kasalanan.” 25 Kaya
sinabi nila sa kaniya, “Sino ka?” Sinabi ni Jesus sa kanila,
“Kung ano sinabi ko sa inyo mula pa sa simula. 26 Marami
akong mga bagay na sasabihin at hahahtulan tungkol sa
inyo. Subalit, ang nagpadala sa akin ay totoo; at ang mga
bagay na narinig ko sa kaniya, ang mga ito ay sinasabi ko sa
mundo.” 27 Hindi nila naunawaan na siya ay nagsasalita sa
kanila tungkol sa Ama. 28 Sinabi ni Jesus, “Kapag itinaas na
ninyo ang Anak ng Tao, saka ninyo makikilala na AKO NGA,
at wala akong ginawa sa aking sarili. Ayon sa itinuro ng aking
Ama, sinasabi ko ang mga bagay na ito. 29 Ang nagsugo sa
akin ay nasa akin, at hindi niya ako iniwang mag-isa, dahil
palagi kong ginagawa ang mga bagay na nakakalugod sa
kaniya.” 30 Habang sinasabi ni Jesus ang tungkol sa mga
bagay na ito, marami ang naniwala sa kaniya. 31 Sinabi ni
Jesus sa mga Judio na naniwala sa kaniya, “Kapag kayo ay
nanatili sa aking salita, kayo nga ay tunay kong mga alagad;
32 at malalaman ninyo ang katotohan, at ang katotohanan
ang magpapalaya sa inyo. 33 Sumagot sila sa kaniya, “Kami
ay mga lahi ni Abraham at hindi kailanman inalipin ng kahit
sinuman; paano mo nasabi, 'Kayo ay mapapalaya?” 34 Si
Jesus ay sumagot sa kanila, “Tunay nga, sinabi ko sa inyo,
kung sinuman ang magkasala ay alipin ng kasalanan. 35
Ang alipin ay hindi laging nananatili sa tahanan; ang anak ay
laging nananatili. (aiōn g165) 36 Kung gayon, kapag pinalaya
na kayo ng Anak, kayo ay tunay ngang malaya. 37 Alam ko
na kayo ay kaapu-apuhan ni Abraham; gusto ninyo akong
patayin dahil ang aking mga salita ay walang lugar sa inyo.
38 Sinasabi ko ang mga bagay na nakita ko sa aking Ama, at
kayo din ginagawa ninyo ang mga bagay na narinig ninyo
mula sa inyong ama. 39 Sila ay sumagot at sinabi sa kaniya,
“Ang aming ama ay si Abraham.” Sinabi ni Jesus sa kanila,
“Kung kayo ay mga anak ni Abraham, gagawin ninyo ang
mga gawain ni Abraham. 40 Ngunit, ngayon ninanais ninyo
na patayin ako na isang taong nagsabi sa inyo ng katotohan
na narinig ko mula sa Diyos. Hindi ito ginawa ni Abraham.
41 Ginawa ninyo ang gawain ng inyong ama.” Sinabi nila sa
kaniya, “Hindi kami ipinanganak sa seksual na imoralidad;

may isa kaming Ama, ang Diyos." **42** Sabi ni Jesus sa kanila,
"Kung ang Diyos ang inyong Ama, mamahalin ninyo ako,
sapagkat ako ay nagmula at nanggaling sa Diyos; sapagkat
hindi ako naparito dahil sa aking sarili lamang, kundi isinugo
niya ako. **43** Bakit hindi ninyo naiintindihan ang aking mga
salita? Ito ay dahil hindi ninyo kayang makinig sa aking mga
salita. **44** Kayo ay mula sa inyong ama na ang diablo, at
hinahangad ninyong gawin ang mga kahalayan mula sa
inyong ama. Siya ay isang mamamatay tao mula sa simula
at hindi nananatili sa katotohanan dahil walang katotohanan
sa kaniya. Kapag nagsalita siya ng kasinungalingan, siya
ay nagsasalita sa sarili niyang kalikasan dahil siya ay
sinungaling at ang ama ng kasinungalingan. **45** Subalit,
dahil nagsasalita ako ng katotohanan hindi kayo naniniwala.
**46** Sino sa inyo ang hahatol sa aking kasalanan? Kung
nagsasalita ako ng katotohanan, bakit hindi ninyo ako
pinapaniwalaan? **47** Ang sa Diyos ay nakikinig sa mga
salita ng Diyos; hindi ninyo naririnig ang mga ito dahil hindi
kayo sa Diyos." **48** Ang mga Judio ay sumagot at sinabi sa
kaniya "Hindi ba tama ang sinabi namin na ikaw ay isang
Samaritano at may demonyo," **49** Sumagot si Jesus, "Wala
akong demonyo; pero pinaparangalan ko ang aking ama, at
hindi ninyo ako pinaparangalan. **50** Hindi ko hinahanap ang
sarili kong kaluwalhatian; mayroong isang naghahanap at
naghahatol. **51** Tunay nga, sinabi ko sa inyo, kung sinuman
ang tutupad ng aking salita, hindi niya kailanman makikita
ang kamatayan. **(aiōn g165)** **52** Sinabi ng mga Judio sa
kaniya, "Ngayon alam namin na mayroon kang demonyo. Si
Abraham at ang mga propeta ay namatay; pero sinasabi
mo, 'Kung sinuman ang tutupad sa aking salita ay hindi
kailanman matitikman ang kamatayan.' **(aiōn g165)** **53** Hindi
ka nakakahigit sa aming amang si Abraham na namatay,
hindi ba? Ang mga propeta din ay namatay. Kanino mo
hinahalintulad ang iyong sarili?" **54** Sumagot si Jesus, "Kung
niluluwalhati ko ang aking sarili, ang aking kaluwalhatian ay
walang halaga; ang nagluluwalhati sa akin ay ang aking
Ama—na sinasabi ninyo na siya ang inyong Diyos. **55** Hindi
niyo siya nakikila, pero kilala ko siya. Kung sasabihin ko,
'Hindi ko siya kilala,' maitutulad ako sa inyo na sinungaling.
Subalit, kilala ko siya at tinutupad ko ang kaniyang salita. **56**
Ang iyong amang si Abraham ay nagalak na nakikita ang
araw ko; nakita niya ito at natuwa." **57** Sabi ng mga Judio sa
kanya, "Hindi ka pa limampung taon gulang, at nakita mo
na si Abraham?" **58** Sabi ni Jesus sa kanila, "Tunay nga,
sinasabi ko sa inyo, bago ipanganak si Abraham, ay AKO
NGA." **59** Kaya dumampot sila ng mga bato para batuhin
siya ngunit nagtago si Jesus at lumabas ng templo.

**9** Ngayon nang si Jesus ay dumaan, nakakita siya ng isang
taong bulag mula pa sa kapanganakan. **2** Tinanong siya
ng kaniyang mga alagad, "Rabi, sino ang nagkasala, ang
taong ito o ang kaniyang mga magulang, na dapat siyang
isilang na bulag?" **3** Sumagot si Jesus, "Hindi nagkasala
ang taong ito ni ang kaniyang mga magulang, kundi upang
ang mga gawa ng Dios ay mahayag sa kaniya. **4** Kailangan
nating gawin ang mga gawain niya na siyang nagpadala
sa akin habang araw pa. Darating ang gabi na kung kailan
wala ng kayang gumawa. **5** Habang ako ay nasa sanlibutan,
ako ang ilaw ng sanlibutan." **6** Pagkatapos sabihin ni Jesus
ang mga bagay na ito, dumura siya sa lupa, gumawa ng
putik sa pamamagitan ng laway, at pinahiran ng putik ang
mga mata ng lalake. **7** Sinabi niya sa kaniya, "Pumunta
ka at maghilamos sa languyan ng Siloam (na isinalin na
'isinugo')." Kaya't umalis ang lalake, naghilamos, at bumalik
nang nakakakakita na. **8** Pagkatapos, ang mga kapitbahay
ng lalake at iyong mga dating nakakita sa kaniya bilang
isang pulubi ay nagsasabi, "Hindi ba't ito ang lalaking dating
nakaupo at namamalimos?" **9** Sinabi ng ilan, "Siya nga."
Sinabi ng iba, "Hindi, ngunit siya ay kamukha niya." Ngunit
sinasabi niya, "Ako nga iyon." **10** Sinabi nila sa kaniya,
"Kung gayon paanong nabuksan ang iyong mga mata?" **11**
Sumagot siya, "Ang taong tinatawag na Jesus ay gumawa
ng putik at pinahiran ang aking mga mata at sinabi sa akin,
"Pumunta ka sa Siloam at maghilamos.' Kaya umalis ako at
naghilamos, at nanumbalik ang aking paningin." **12** Sinabi
nila sa kaniya, "Nasaan siya?" sumagot siya, "Hindi ko alam."
**13** Dinala nila ang lalaki na dating bulag sa mga Pariseo. **14**
Ngayon iyon ay Araw ng Pamamahinga nang si Jesus ay
gumawa ng putik at pinadilat ang kaniyang mga mata. **15**
Pagkatapos tinanong siya muli ng mga Pariseo kung paano
niya natanggap ang kaniyang paningin. Sinabi niya sa kanila,
"Nilagyan niya ng putik ang aking mga mata, naghilamos
ako, at ngayon nakakakita na ako." **16** Sinabi ng ilang
mga Pariseo, "Ang taong ito ay hindi galing sa Dios dahil
hindi niya tinutupad ang Araw ng Pamamahinga." Sinabi ng
iba, "Papaanong makakagawa ng ganyang mga pangitain
ang isang tao na iyon na makasalanan?" Kaya nagkaroon
ng pagkakabaha-bahagi sa kanilang kalagitnaan. **17** Kaya
tinanong nilang muli ang lalaking bulag, "Ano ang masasabi
mo tungkol sa kaniya dahil pinadilat niya ang iyong mga
mata?" Sinabi ng lalaking bulag, "Siya ay isang propeta." **18**
Ngayon ang mga Judio ay hindi pa din naniniwala tungkol sa
kaniya na dating bulag at nakamit ang kaniyang paningin
hanggang sa tinawag nila ang mga magulang ng iyong
nagkamit ng kaniyang paningin. **19** Tinanong nila ang mga
magulang, "Ito ba ang inyong Anak na sinasabi ninyong
pinangangak na bulag? Papaanong nakakakita na siya
ngayon?" **20** Kaya sumagot ang kaniyang mga magulang sa
kanila, "Alam naming ito ang aming anak at siya ay bulag

nang isilang. 21 Kung paano siya ngayon ay nakakakita na,
hindi namin alam, at kung sino ang nagpadilat sa kaniyang
mga mata, hindi namin alam. Tanungin ninyo siya. Siya
ay matanda na. Makakapag-salita siya para sa kaniyang
sarili." 22 Sinabi ito ng kaniyang mga magulang sapagkat
takot sila sa mga Judio. Sapagkat nagkasundo na ang mga
Judio na kung sinumang magpahayag na si Jesus ay ang
Cristo, dapat siyang palayasin sa sinagoga. 23 Dahil dito,
sinabi ng kaniyang mga magulang, "Siya ay matanda na.
Tanungin ninyo siya. 24 Kaya sa pangalawang pagkakataon
tinawag nila ang lalake na naging bulag at sinabi sa kaniya,
"Magbigay papuri ka sa Dios. Alam naming makasalanan
ang taong iyon." 25 At sumagot ang taong iyon, "Kung siya
man ay isang makasalanan, hindi ko alam. Isang bagay ang
alam ko: Noon ako ay bulag, at ngayon ako ay nakakakita
na." 26 At sinabi nila sa kaniya, "Ano ang ginawa niya sa
iyo? Paano niya pinadilat ang iyong mga mata?" 27 Sumagot
siya, "Sinabi ko na sa inyo at hindi ninyo pinakinggan! Bakit
ninyo gustong itong marinig muli? Hindi ninyo nais maging
alagad din niya, hindi ba?" 28 Nilait nila siya at sinabi, "Ikaw
ay kaniyang alagad, ngunit kami ay mga alagad ni Moises.
29 Alam namin na ang Dios ay nakipag-usap kay Moises,
ngunit para sa taong iyon, hindi namin alam kung saan siya
nanggaling." 30 Ang lalake ay sumagot at sinabi sa kanila,
"Bakit, ito ay isang kamangha-manghang bagay, at hindi
ninyo alam kung saan siya nagmula, gayon pinadilat niya
ang aking mga mata. 31 Alam natin na ang Diyos ay hindi
nakikinig sa mga makasalanan, ngunit kung ang isang tao ay
sumasamba sa Diyos at gumagawa ng kaniyang kalooban,
siya ay pakikinggan ng Diyos. 32 Mula ng nagsimula ang
mundo hindi kailanman narinig na napadilat ng sinuman ang
mga mata ng isang taong isinilang na bulag. **(aiōn g165)** 33
Kung ang taong ito ay hindi galing sa Diyos, wala siyang
kayang gawin." 34 Sumagot sila at sinabi sa kaniya, "Ikaw
ay pawang ipinanganak sa mga kasalanan, at tinuturuan
mo kami ngayon?" Pagkatapos ay pinalabas nila siya sa
sinagoga. 35 Narinig ni Jesus na pinalayas nila siya sa
sinagoga. Nakita niya siya at sinabi, "Sumasampalataya
ka ba sa Anak ng Tao?" 36 Sumagot siya at sinabi, "Sino
siya, Panginoon, upang sasampalataya ako sa kaniya?" 37
Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Nakita mo na siya, at siya itong
nakikipag-usap sa iyo." 38 Sinabi ng lalake, "Panginoon,
sumasampalataya ako." Pagkatapos, sumamba siya sa
kaniya. 39 Sinabi ni Jesus, "Naparito ako sa mundong ito
para sa paghuhukom upang ang mga hindi nakakakita ay
makakita, at upang ang mga nakakakita ay maging bulag."
40 Narinig ng ilan sa mga Pariseo na kasama niya ang mga
bagay na ito, at nagtanong sa kaniya, "Bulag din ba kami?"
41 Sinabi ni Jesus sa kanila, "Kung kayo ay mga bulag, wala
sana kayong kasalanan. Subalit, ngayon sinasabi ninyong,
"Nakakakita kami," kaya ang inyong kasalanan ay nananatili.

**10** "Tunay nga, sinasabi ko sa inyo, ang hindi pumasok
sa pamamagitan ng pinto papasok sa kulungan ng
tupa, subalit umaakyat sa ibang daanan, ang taong iyon
ay isang magnanakaw at isang tulisan. 2 Ang pumapasok
sa pamamagitan ng pinto ay ang tagapag-alaga ng tupa.
3 Binubuksan siya ng tagapagbantay ng tarangkahan.
Pinapakinggan ng mga tupa ang kaniyang boses, at tinatawag
niya ang sarili niyang tupa sa kani-kanilang pangalan at
pinangungunahan silang palabas. 4 Kapag nailabas na
niya ang lahat nang sariling kaniya, pinangungunahan niya
sila, at sumusunod sa kaniya ang mga tupa sapagkat kilala
nila ang kaniyang boses. 5 Hindi sila susunod sa isang
estranghero ngunit sa halip ay iiwasan ito, sapagkat hindi
nila kilala ang boses ng mga estranghero." 6 Sinabi ni Jesus
sa kanila ang talinghagang ito, ngunit hindi nila naintindihan
kung ano ang mga bagay na ito na sinasabi niya sa kanila.
7 Pagkatapos muling sinabi ni Jesus sa kanila, "Tunay nga,
sinasabi ko sa inyo, ako ang pinto ng mga tupa. 8 Lahat
nang naunang dumating sa akin ay mga magnanakaw at
mga tulisan, ngunit ang mga tupa ay hindi nakinig sa kanila.
9 Ako ang tarangkahan. Kung sinumang pumapasok sa
pamamagitan ko, siya ay maliligtas; siya ay papasok at
lalabas at makakahanap ng pastulan. 10 Ang magnanakaw
ay hindi pumarito maliban sa pagnanakaw, pagpatay, at
pagwasak. Ako ay pumarito upang sila ay magkaroon ng
buhay at magkaroon ng kasaganaan nito. 11 Ako ang
mabuting pastol. Inialay ng mabuting pastol ang kaniyang
buhay para sa mga tupa. 12 Ang isang bayarang-lingkod,
na hindi isang pastol, na hindi nagmamay-ari ng mga tupa,
ay nakikitang dumarating ang lobo at pinababayaan ang
mga tupa at tumatakas. Tinatangay ng lobo ang mga ito at
pinangangalat ang mga ito. 13 Siya ay tatakbo dahil siya ay
isang bayarang-lingkod at hindi nagmamalasakit sa mga
tupa. 14 Ako ang mabuting pastol, at kilala ko ang sa akin,
at ang sa akin ay nakikilala ako. 15 Kilala ako ng Ama, at
kilala ko ang Ama, at ibinigay ko ang aking buhay para sa
mga tupa. 16 Mayroon akong iba pang mga tupa na wala sa
tupahang ito. Sila din, kailangan kong dalhin, at makikinig
sila sa aking boses upang magkaroon lamang ng isang
kawan at isang pastol. 17 Ito ang dahilan kung bakit ako
iniibig ng Ama: Ibibigay ko ang aking buhay upang muli kong
kunin. 18 Walang sinumang kukuha nito sa akin, kundi kusa
ko itong ibibigay. Ako'y mayroong kapangyarihang ibigay
ito, at mayroon din akong kapangyarihan na ito ay kunin
muli. Natanggap ko ang utos na ito mula sa Ama." 19 Isang
pagkakabaha-bahagi ang muling nangyari sa gitna ng mga
Judio dahil sa mga salitang ito. 20 Sinabi ng marami sa

kanila, “Mayroon siyang demonyo at nababaliw. Bakit kayo
nakikinig sa kaniya?” **21** Sinabi ng iba, “Hindi ito ang mga
pahayag ng isang inaalihan ng isang demonyo. Kaya ba ng
isang demonyo na makapagpadilat ng mga mata ng isang
bulag?” **22** At dumating ang Kapistahan ng Pagtatalaga
sa Jerusalem. **23** Taglamig noon, at naglalakad si Jesus
sa templo sa portiko ni Solomon. **24** At pinaligiran siya ng
mga Judio at sinabi sa kaniya, “Hanggang kailan mo kami
pananatilihing bitin? Kung ikaw ang Cristo, sabihin mo nang
maliwanag.” **25** Sumagot si Jesus sa kanila, “Sinabihan
ko kayo, ngunit hindi kayo naniwala. Ang mga gawain
na aking ginawa sa ngalan ng aking Ama, ang mga ito
ang magpapatotoo patungkol sa akin. **26** Gayunman hindi
kayo naniwala dahil hindi ko kayo mga tupa. **27** Naririnig
ng aking tupa ang aking boses; kilala ko sila, at sila ay
sumusunod sa akin. **28** Ibinigay ko sa kanila ang buhay na
walang hanggang; hindi sila malilipol, at walang sinumang
makaaagaw sa kanila sa aking kamay. **(aiōn g165, aiōnios g166)**
**29** Ang aking Ama na siyang nagbigay sa kanila sa akin,
ay dakila kaysa sa lahat, at walang sinuman na kayang
umagaw sa kanila sa kamay ng Ama. **30** “Ako at ang Ama
ay iisa.” **31** Pagkatapos ay kumuhang muli ng mga bato ang
mga Judio upang batuhin siya. **32** Sinagot sila ni Jesus,
“Ipinakita ko sa inyo ang maraming mabubuting gawain
mula sa Ama. Alin sa mga gawaing ito ang dahilan na
pagbabatuhin ninyo ako?” **33** Sumagot ang mga Judio sa
kaniya, “Hindi ka namin binabato dahil sa anumang mabuting
gawain, kundi dahil sa paglapastangan, dahil ikaw na isang
tao, ginagawa mong Diyos ang iyong sarili.” **34** Sumagot si
Jesus sa kanila, “Hindi ba nasusulat sa inyong batas, 'Sinabi
ko, “kayo ay mga diyos?'” **35** Kung tinatawag niyang mga
diyos sila na dinatnan ng salita ng Diyos (at ang kasulatan
ay hindi maaaring sirain), **36** sinasabi ba ninyo ang tungkol
sa kaniya na siyang itinalaga ng Ama at isinugo sa mundo,
'Ikaw ay naglalapastangan,' dahil sinabi kong, 'Ako ang
Anak ng Diyos'? **37** Kung hindi ko ginagawa ang gawain
ng aking Ama, huwag kayong manampalataya sa akin. **38**
“Subalit, kung ginagawa ko ang mga iyon, kahit na hindi kayo
manampalataya sa akin, maniwala kayo sa mga gawain
upang malaman ninyo at maunawaan na ang Ama ay nasa
sa akin at ako ay nasa sa Ama.” **39** Sinubukan muli nilang
lupigin si Jesus, ngunit siya ay umalis sa kanilang mga
kamay. **40** Umalis muli si Jesus patungo sa ibayo ng Jordan
sa lugar nang una'y pinagbabautismuhan ni Juan, at siya
ay nanatili doon. **41** Maraming tao ang lumapit kay Jesus.
Patuloy nilang sinasabi, “Sa katunayan walang ginawang
mga tanda si Juan, ngunit lahat ng mga bagay na sinabi ni
Juan tungkol sa taong ito ay totoo.” **42** Doon ay maraming
sumampalataya kay Jesus.

**11** Ngayon, may isang lalaki na nagngangalang Lazaro
na may karamdaman. Siya ay mula sa Bethania na
ang nayon ni Maria at ng kaniyang babaeng kapatid na
si Martha. **2** Siya rin ang Maria na magpapahid ng mira
sa Panginoon at magpupunas gamit ang kaniyang buhok
sa mga paa ng Panginoo, siya ang kapatid ni Lazaro na
siyang may karamdaman. **3** At nagpasabi ng mensahe ang
magkapatid na babae kay Jesus at sinabi, “Panginoon,
tingnan mo, ang iyong minamahal ay may karamdaman.” **4**
Nang marinig ito ni Jesus, sinabi niya, “Ang karamdamang
ito ay hindi magtatapos sa kamatayan, sa halip ito ay para
sa kaluwalhatian ng Diyos upang ang Anak ng Diyos ay
maluwalhati sa pamamagitan nito.” **5** Ngayon mahal ni Jesus
si Marta at ang kaniyang kapatid na babae at si Lazaro.
**6** Nang marinig ito ni Jesus, nanatili pa siya ng dalawang
araw sa lugar kung nasaan siya. **7** Pagkatapos nito, sinabi
niya sa kaniyang mga alagad, “Tayo nang muli sa Judea.” **8**
Sinabi ng mga alagad sa kaniya, “Rabi, ngayon palang ay
sinusubukan kang batuhin ng mga Judio, at babalik ka ba
muli roon? **9** Sumagot si Jesus, “Hindi ba sa isang araw ay
may labingdalawang oras na liwanag? Kapag ang isang
tao ay lumalakad samantalang araw, hindi siya matitisod
sapagkat nakakakita siya sa pamamagitan ng liwanag ng
araw. **10** Gayon pa man, kung siya ay lumalakad sa gabi,
siya ay matitisod dahil wala sa kaniya ang liwanag. **11** Sinabi
ni Jesus ang mga bagay na ito, at pagkatapos ng mga bagay
na ito, sinabi niya sa kanila, “Ang ating kaibigan na si Lazaro
ay nakatulog, subalit pupunta ako doon upang gisingin siya
mula sa kaniyang pagkakatulog.” **12** Kaya sinabi ng mga
alagad sa kaniya, “Kung si Lazaro ay nakatulog, siya ay
gagaling. **13** Ngayon, sinabi sa kanila ni Jesus ang tungkol
sa kamatayan ni Lazaro, ngunit inakala nilang lahat na
ito ay tungkol lamang sa pagpapahinga sa pagtulog. **14**
Pagkatapos, sinabi sa kanila ni Jesus nang malinaw, “Si
Lazaro ay patay na.” **15** Para sa inyong kapakanan, masaya
ako na wala ako roon upang kayo ay maniwala. Pumunta
tayo sa kaniya. **16** Si Tomas na dating tinatawag na Didimo,
sinabi niya sa kapwa niya alagad, “Pumunta rin tayo, upang
mamatay din tayo kasama ni Jesus.” **17** Nang dumating si
Jesus, nalaman niya na apat na araw ng nasa libingan si
Lazaro. **18** Ngayon, malapit ang Bethania sa Jerusalem, mga
labinglimang estadio ang layo. **19** Maraming mga Judio ang
pumunta kina Marta at Maria, upang aliwin sila tungkol sa
kanilang kapatid na si Lazaro. **20** At nang marinig ni Marta na
paparating si Jesus, pumunta siya at sinalubong siya, ngunit
si Maria ay nanatiling nakaupo pa rin sa kanilang bahay. **21**
Sinabi ni Marta kay Jesus, “Panginoon, kung nandito ka lang
sana, hindi mamamatay ang kapatid ko. **22** Kahit ngayon,
alam ko na kahit ano ang iyong hingiin sa Diyos ay ibibigay

niya sa iyo." 23 Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Ang kapatid mo
ay babangong muli." 24 Sinabi ni Marta sa kaniya, "Alam
ko na muli siyang babangon sa muling pagkabuhay sa
huling araw." 25 Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Ako ang muling
pagkabuhay at ang buhay; ang sumasampalataya sa akin,
bagama't siya ay mamamatay, gayon ma'y mabubuhay siya;
26 at sinuman ang nabubuhay at sumasampalataya sa akin
ay hindi na mamatay. Naniniwala ka ba dito?" **(aiōn g165)**
27 Sinabi niya sa kaniya, "Oo Panginoon, naniniwala ako
na ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na siyang paparito
sa mundo." 28 Matapos niyang sabihin ito, umalis siya at
tinawag si Maria na kaniyang kapatid, nang sarilinlan. Sinabi
niya, "Narito ang Guro at ipinatatawag ka." 29 Nang marinig
ito ni Maria, mabilis siyang tumayo at pumunta kay Jesus.
30 Ngayon, hindi pa nakakarating sa nayon si Jesus, kundi
nandoon pa rin siya sa lugar kung saan siya kinatagpo
ni Marta. 31 At ang mga Judio na kasama ni Maria sa
kanilang bahay, na umaaliw sa kaniya, nang makita nilang
nagmamadali siyang tumayo at umalis, sinundan nila siya,
inakala nila na pupunta siya sa libingan upang doon umiyak.
32 Nang makarating si Maria kung saan naroroon si Jesus, at
siya ay nakita niya, nagpatirapa siya sa kaniyang mga paa
at sinabi sa kaniya, "Panginoon, kung nandito lamang kayo,
hindi sana namatay ang aking kapatid." 33 Nang makita
ni Jesus na siya ay umiiyak at ang mga Judio na kasama
niya ay umiiyak din, naghinagpis ang kaniyang espirtu at
nabagabag; 34 sinabi niya, "Saan niyo sya inilibing?" Sinabi
nila sa kaniya, "Panginoon, pumarito kayo at tingnan." 35 Si
Jesus ay tumangis. 36 Pagkatapos, sinabi ng mga Judio,
"Tignan ninyo kung gaano niya kamahal si Lazaro!" 37
Pero sinabi ng ilan, "Hindi ba kaya ng taong ito na siyang
nagmulat ng mga mata ng dati ay bulag, na gawin ring hindi
mamatay ang lalaking ito?" 38 Pagkatapos, habang si Jesus
ay muling naghihinagpis, pumunta siya sa libingan. Ngayon
ito ay isang kuweba at may isang batong nakatakip dito.
39 Sinabi ni Jesus, "Alisin ang bato." Si Martha, na kapatid
ni Lazaro na namatay, ay nagsabi kay Jesus, "Panginoon,
sa mga oras na ito ang kaniyang katawan ay naaagnas
na, sapagkat apat na araw na ang nakalipas mula nang
siya ay mamatay." 40 Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Hindi
ko ba sinabi sa iyo na kung ikaw ay maniwala makita mo
ang kaluwalhatian ng Diyos?" 41 Kaya inalis nila ang bato.
Tumingala si Jesus at sinabi, "Ama, nagpapasalamat ako sa
iyo dahil pinakinggan mo ako. 42 Alam ko na lagi mo akong
pinakikinggan, pero ito ay dahil sa mga taong nakatayong
palibot sa akin kaya sinabi ko ito, upang maniwala sila na
isinugo mo ako." 43 Matapos niyang sabihin ito, sumigaw
siya nang may malakas na boses, "Lazaro, lumabas ka!"
44 Lumabas ang patay na lalaki, na nakabalot ang mga
kamay at mga paa ng damit panglibing at ang kaniyang
mukha ay nababalot din ng tela. Sinabi ni Jesus sa kanila,
kalagan ninyo siya at pakawalan." 45 At ang maraming Judio
na pumunta kay Maria at nakita kung ano ang ginawa ni
Jesus, ay sumampalataya sa kaniya; 46 ngunit may ilan sa
kanila ang umalis papunta sa mga Pariseo at sinabi ang
mga ginawa ni Jesus. 47 At tinipon ng mga pinunong pari
at ng mga Pariseo ang konseho at sinabi, "Ano ang ating
gagawin? Ang taong ito ay maraming ginagawang mga
tanda. 48 Kung hahayaan natin siyang mag-isa katulad ng
ganito, lahat ay maniniwala sa kaniya; ang mga Romano
ay paparito at kukunin ang ating lugar at gayon din ang
ating bansa. 49 Gayon pa man, may isang lalaki sa kanila,
si Caifas na ang pinakapunong pari nang taong iyon ay
nagsabi sa kanila, "Wala kayong nalalaman. 50 Hindi ba
ninyo iniisip na ito ay naaangkop na may isang taong dapat
mamatay para sa mga tao kaysa ang buong bansa ang
mamatay." 51 Ngayon, sinabi niya ito hindi sa kaniyang
sariling pagkukusa; sa halip, dahil siya ang pinakapunong
pari ng taong iyon, nagpropesiya siya na si Jesus ay dapat
mamatay para sa bansa, 52 at hindi para sa bansa lamang,
kundi upang tipunin din ni Jesus ang mga anak ng Diyos na
nakakalat sa iba't ibang lugar. 53 Kaya mula ng araw na iyon
ay pinagplanuhan na nila kung paano papatayin si Jesus. 54
Hindi na naglalakad ng hayag si Jesus sa gitna ng mga
Judio, ngunit umalis siya doon at pumunta sa isang bansa
na malapit sa ilang sa isang bayan na tinatawag na Efraim.
Doon ay nanatili siya kasama ang mga alagad. 55 Ngayon
ang Paskwa ng mga Judio ay nalalapit na, marami ang
pumunta sa Jerusalem mula sa mga bansa upang linisin
ang kanilang mga sarili. 56 Hinahanap nila si Jesus, at
pinag-uusapan nila sa isa't isa habang sila ay nakatayo sa
templo, "Ano sa inyong palagay? Hindi kaya siya darating sa
kapistahan?" 57 Ngayon, ipinag-utos ng mga punong pari
at mga Pariseo na kung sinuman ang nakakaalam kung
nasaan si Jesus ay ipagbigay-alam nila ito upang sa gayon
maaari nila siyang dakipin.

**12** Anim na araw bago ang Paskwa, nagpunta si Jesus
sa Bethania, kung saan naroon si Lazaro na siyang
binuhay niya mula sa mga patay. 2 Kaya hinandaan nila
siya ng hapunan doon, at si Marta ang nagsisilbi, habang si
Lazaro ay isa sa mga naupo sa mesa kasama ni Jesus.
3 Pagkatapos kumuha si Maria ng isang litra ng pabango
mula sa purong nardo na napakamahal, at pinahiran nito
ang mga paa ni Jesus at pinunasan ng kaniyang buhok
ang kaniyang mga paa, at napuno ang buong bahay ng
halimuyak ng pabango. 4 Si Judas Iscariote, isa sa mga
alagad na magkakanulo sa kaniya, ay nagsabi, 5 "Bakit hindi
ipinagbili ang pabango na ito ng tatloong daang dinario at

ibigay sa mahihirap. 6 Ngayon, sinabi niya ito, hindi dahil
sa may malasakit siya sa mga mahihirap, kundi dahil siya
ay isang magnanakaw: siya ang may hawak ng sisidlan
ng pera, at kumukuha dito ng ilang pera para sa kaniyang
sarili. 7 Sinabi ni Jesus, "Hayaan ninyong ilaan niya ang
mayroon siya para sa araw ng aking libing. 8 Palagi ninyong
kapiling ang mga mahihirap, ngunit hindi ninyo ako laging
makakasama." 9 Ngayon, napag-alaman ng maraming mga
Judiio na naroon si Jesus, at sila ay dumating, hindi lamang
dahil kay Jesus, ngunit nagbabakasakali rin silang makita si
Lazaro na binuhay ni Jesus mula sa mga patay. 10 Ang
mga punong pari ay nagsabwatan upang patayin na rin si
Lazaro, 11 dahil siya ang dahilan kung bakit maraming mga
Judio ang nagsi-alis at sumampalataya kay Jesus. 12 Nang
sumunod na araw, napakaraming tao ang dumating para sa
kapistahan. Nang kanilang marinig na si Jesus ay darating
sa Jerusalem, 13 kumuha sila ng mga sanga sa mga puno
ng palma, at lumabas upang salubungin siya at sumigaw:
"Osana! Pinagpala siya na pumaparito sa pangalan ng
Panginoon, ang Hari ng Israel!" 14 Nakita ni Jesus ang isang
asno, at umupo siya rito, gaya ng nasusulat, 15 "Huwag
kang matakot, mga anak na babae ng Sion, tingnan, ang
inyong Hari ay dumarating, nakaupo sa isang batang asno."
16 Hindi naunawaan ng kaniyang mga alagad ang mga ito sa
simula, ngunit nang maluwalhati na si Jesus, naalala nila
na ang mga bagay na ito ay nasulat patungkol sa kaniya
at na ginawa nila sa kaniya ang mga bagay na ito ay. 17
Ngayon ang maraming mga tao na nakasama ni Jesus ng
tawagin niya si Lazarus palabas sa libingan at binuhay mula
sa mga patay, ay nagpatotoo sa iba. 18 Ito rin ang dahilan
kung bakit ang mga tao ay lumabas upang salubungin
siya, dahil narinig nilang ginawa niya ang tandang ito. 19
Kaya nagsabi ang mga Pariseo sa isa't isa: Tingnan ninyo,
wala kayong magagawa; tingnan ninyo, ang sanlibutan ay
sumusunod sa kaniya." 20 Ngayon, may ilang mga Griyego
na kasama nilang umakyat upang sumamba sa kapistahan.
21 Lumapit sila kay Felipe na mula sa Bethsaida ng Galilea,
at tinanong siya na nagsasabi, "Ginoo, nais naming makita
si Jesus." 22 Pumunta si Felipe at sinabi kay Andres; si
Andres ay pumunta kasama si Felipe, at sinabi nila kay
Jesus. 23 Sinagot sila ni Jesus at sinabi, "Ang oras ay
dumating na upang ang Anak ng Tao ay luwalhatiin. 24
Tunay nga na sinasabi ko sa inyo, maliban na ang butil
ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ito ay nanatili sa
kaniyang sarili na mag-isa, ngunit kung ito ay mamatay,
magbubunga ito ng napakarami. 25 Ang nagmamahal sa
kaniyang buhay ay mawawalan nito, subali't ang namumuhi
sa kaniyang buhay sa mundong ito ay mapapanatili ito para
sa walang hanggang buhay. (aiōnios g166) 26 Kung sinuman
ang maglingkod sa akin, sumunod siya sa akin, at kung
saan ako naroroon, ang aking lingkod ay naroon din. Kung
sinuman ang maglingkod sa akin, pararangalan siya ng
Ama. 27 Ang aking kaluluwa ay nababagabag ngayon, "Ano
ang aking sasabihin? 'Ama, iligtas mo ako sa oras na ito'?
Subalit dahil dito, naparito ako sa oras na ito. 28 Ama,
luwalhatiin mo ang iyong pangalan." Pagkatapos isang tinig
ang nagmula sa langit, at nagsabi, "Niluwalhati ko na at muli
ko rin itong luluwalhatiin" 29 Pagkatapos ang maraming mga
tao na nakatayo sa malapit at nakarinig nito ay nagsabi
na kumulog. Sinabi ng iba, "Isang anghel ang nagsalita sa
kaniya." 30 Sumagot si Jesus at nagsabi, "Ang tinig na ito ay
hindi dumating alang-alang sa akin, kundi para sa inyong
kapakanan. 31 Ngayon na ang paghuhukom nitong mundo.
Ngayon itataboy ang prinsipe ng mundong ito. 32 At ako,
kung ako ay maitaas mula sa lupa, aking ilalapit ang mga
tao sa aking sarili. 33 Sinabi niya ito upang ipahiwatig kung
sa paanong paraan na kamatayan siya mamamatay. 34 At
sumagot ang maraming tao sa kaniya, "Narinig namin mula
sa kautusan na ang Cristo ay mananatili magpakailanman.
Paano mo masasabi, "Ang Anak ng Tao ay kailangan itaas?"
"Sino itong Anak ng Tao?" (aiōn g165) 35 Saka sinabi ni Jesus
sa kanila, "Gayunman sa kaunting panahon na lamang
ay kasama ninyo ang ilaw. Lumakad habang nasa inyo
ang liwanag upang hindi kayo abutan ng kadililman. Ang
lumalakad sa kadiliman ay hindi nakakaalam kung saan
siya patutungo. 36 Habang mayroon sa inyo ang liwanag,
sumampalataya kayo sa liwanag upang kayo ay maging
mga anak ng liwanag. Sinabi ni Jesus ang mga bagay na
ito, at pagkatapos umalis siya at hindi na muling nagpakita
sa kanila. 37 Kahit na maraming nagawang mga tanda si
Jesus sa harapan nila, hindi pa rin sila sumampalataya sa
kaniya 38 upang ang salita ni Isaias na propeta ay maaring
matupad, na kaniyang sinabi: "Panginoon, sino ang naniwala
sa aming ulat? At kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?"
39 Sa kadahilanang ito hindi sila sumasampalataya, sapagkat
sinabi rin ni Isaias, 40 "Binulag niya ang kanilang mga mata,
at pinatigas niya ang kanilang mga puso, kung hindi man,
makikita nila sa kanilang mga mata at makauunawa sa
kanilang mga puso, at manumbalik, at pagagalingin ko sila.
41 Sinabi ang mga bagay na ito ni Isaias sapagkat nakita
niya ang kaluwalhatian ni Jesus, at nagsalita siya ng tungkol
sa kaniya. 42 Gayunpaman, maraming mga pinuno ang
naniwala kay Jesus, pero dahil sa mga Pariseo, hindi nila
inaamin ito upang hindi sila ipagbawal sa sinagoga. 43
Minahal nila ang papuri na nagmumula sa mga tao kaysa
sa papuring nagmumula sa Diyos. 44 Sumigaw si Jesus at
nagsabi, "Ang sumasampalataya sa akin ay hindi lang sa
akin sumasampalataya kundi maging sa kaniya na nagsugo

sa akin. 45 At ang nakakakita sa akin ay nakakakita sa
kaniya na nagsugo sa akin. 46 Ako ay naparito bilang isang
liwanag sa mundo upang ang sinumang maniwala sa akin
ay hindi na manatili sa kadiliman. 47 Kung sinuman ang
nakakarinig ng aking mga salita, subalit hindi sinusunod
ang mga ito, hindi ko siya hinahatulan, sapagkat hindi ako
naparito upang hatulan ang mundo, kundi upang iligtas
ang mundo. 48 Ang sinumang tumanggi sa akin at hindi
tumatanggap ng aking mga salita ay mayroong isang hahatol
sa kaniya, ito ay ang salita na aking sinabi na siyang hahatol
sa kaniya sa huling araw. 49 Sapagkat hindi ako nagsalita
mula sa aking sarili. Sa halip ang Ama na siyang nagsugo
sa akin, na siyang nagbigay sa akin ng utos tungkol sa kung
ano ang aking dapat sabihin at dapat ipahayag. 50 Alam ko
na ang kaniyang utos ay buhay na walang hanggan; kaya
iyong mga sinasabi ko—na ayon sa sinasabi ng Ama sa
akin, ay sinasabi ko sa kanila.” **(aiōnios g166)**

**13** Ngayon, bago ang Kapistahan ng Paskuwa, dahil alam
ni Jesus na ang kaniyang oras ay dumating na, na siya
ay dapat ng umalis ng mundong ito tungo sa kaniyang Ama,
minamahal niya ang sariling kaniya na nasa mundo, minahal
niya sila hanggang sa huli. 2 Ngayon, nailagay na sa puso
ni Judas Iscariote na anak ni Simon, na ipagkanulo si Jesus.
3 Alam ni Jesus na ibinigay ng Ama sa kaniyang mga kamay
ang lahat ng mga bagay at siya ay galing sa Diyos at babalik
sa Diyos. 4 Tumayo siya nang hapunan at ibinaba ang
kaniyang panglabas na kasuotan. At kumuha siya ng tuwalya
at ibinigkis ito sa kaniyang sarili. 5 Pagkatapos, nagbuhos
siya ng tubig sa palanggana at sinimulang hugasan ang
mga paa ng mga alagad at upang punasan sila ng tuwalya
na ibinigkis sa kaniyang sarili. 6 Lumapit si Jesus kay Simon
Pedro, at sinabi ni Simon Pedro sa kaniya, “Panginoon,
huhugasan mo ba ang aking mga paa?” 7 Sumagot si Jesus
at sinabi sa kaniya, “Sa ngayon ang ginagawa ko ay hindi
mo pa maintindihan, ngunit sa darating na panahon ay
maiintindihan mo rin ito” 8 Sinabi ni Pedro sa kaniya, “Hindi
mo kailanman huhugasan ang aking mga paa.” Sumagot si
Jesus, “Kung hindi kita huhugasan, hindi ka magkakaroon
ng bahagi sa akin.” **(aiōn g165)** 9 Sinabi ni Simon Pedro sa
kaniya, “Panginoon, huwag lamang ang aking mga paa ang
iyong hugasan, ngunit pati na rin ang aking mga kamay
at aking ulo.” 10 Sinabi sa kaniya ni Jesus, “Ang sinuman
na nakaligo na ay hindi na kailangang maghugas ng kahit
ano pa maliban sa kaniyang mga paa, at siya ay malinis
na malinis na; malinis ka na, ngunit hindi lahat kayo.” 11
Dahil alam ni Jesus kung sino ang magkakanulo sa kaniya;
kaya sinabi niya; “Hindi ang lahat sa inyo ay malinis.” 12
Pagkatapos hugasan ni Jesus ang kanilang mga paa at
kunin ang kaniyang mga damit at muling umupo, sinabi niya
sa kanila, “Alam ba ninyo ang ginawa ko para sa inyo? 13
Tinatawag ninyo akong 'Guro' at 'Panginoon', at tama ang
sinasabi ninyo, dahil ako nga iyon. 14 Kung ako nga na
Panginoon at Guro, ay hinugasan ang iyong mga paa, dapat
ninyo ring hugasan ang mga paa ng iba. 15 Dahil binigyan
ko kayo ng halimbawa upang dapat gawin din ninyo tulad ng
ginawa ko sa inyo. 16 Tunay nga sinasabi ko sa inyo, ang
lingkod ay hindi mas matataas sa kaniyang Panginoon; ni
ang isinugo ay mas mataas kaysa sa nagsugo sa kaniya. 17
Kung alam mo ang mga bagay na ito, pinagpala ka kung
ginagawa mo ang mga ito. 18 Hindi ako nagsasalita tungkol
sa inyong lahat, dahil alam ko ang aking mga pinili — ngunit
sinasabi ko ito upang ang kasulatan ay maganap: 'Ang
kumakain ng aking tinapay ay nagtaas ng kaniyang sakong
laban sa akin.' 19 Sinasabi ko ito ngayon sa inyo upang
kung ito ay mangyayari, maniniwala kayo na AKO NGA. 20
Tunay nga ang sinasabi ko sa inyo, ang tumatanggap sa
akin ay tinatanggap ang sinumang aking isinusugo, at ang
tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang siyang nagsugo
sa akin. 21 Nang sinabi ni Jesus ito, siya ay nabagabag
sa espiritu at sinabi “Tunay nga sinasabi ko sa inyo, na
isa sa inyo ang magkakanulo sa akin.” 22 Nagtinginan ang
mga disipulo sa isa't-isa, nagtataka kung sino ang kaniyang
tinutukoy. 23 May isa na nasa lamesa ang nakasandal
sa dibdib ni Jesus na isa sa kaniyang mga alagad, ang
minamahal ni Jesus. 24 Kaya hinudyatan ni Simon Pedro
ang alagad na ito at sinabi, “Sabihin mo sa amin kung sino
ang kaniyang tinutukoy. 25 Sumandal ang alagad na iyon sa
dibdib ni Jesus at sinabi sa kaniya, “Panginoon, sino po
iyon?” 26 At sumagot si Jesus, “Iyong aking ipagsasawsaw
ng pirasong tinapay at bibigyan. “Nang kaniyang isawsaw
ang tinapay, ibinigay niya ito kay Judas na anak ni Simon
Iscariote. 27 At pagkatapos ng tinapay, pumasok si Satanas
sa kaniya. Sinabi ni Jesus sa kaniiya, “Kung ano ang iyong
gagawin, gawin mo ito agad.” 28 Ngayon, walang sinuman
na nasa lamesa ang nakaaalam nang dahilan kung bakit
sinabi ni Jesus ito sa kaniya. 29 Naisip ng iba na, dahil si
Judas ang nangangalaga sa supot ng salapi, sinabi ni Jesus
sa kaniya, “Bumili ka ng mga bagay na kailangan natin para
sa kapistahan,” o kaya naman na siya ay dapat magbigay
sa mga mahihirap. 30 Pagkatapos tanggapin ni Judas ang
tinapay, agad siyang lumabas; at gabi na noon. 31 Nang si
Judas ay umalis na, sinabi niJesus, “Ngayon ang Anak ng
Tao ay naluwalhati. 32 At ang Diyos ay naluwalhati sa kaniya.
Luluwalhatiin siya ng Diyos sa kaniyang sarili, at agad siyang
luluwalhatiin niya. 33 Mga batang paslit, makakasama pa
ninyo ako ng maikli pang panahon. Hahanapin ninyo ako, at
tulad ng sinabi ko sa mga Judio, 'Kung saan ako pupunta,
hindi kayo makakapunta.' Ngayon sinasabi ko rin ito sa

inyo. 34 Binibigyan ko kayo ng isang bagong kautusan, na
dapat ninyong mahalin ang bawat isa, kung paano ko kayo
minahal, gayundin naman dapat ninyong mahalin ang bawat
isa. 35 Sa pamamagitan nito, malalaman ng lahat ng tao
na kayo ay aking mga alagad, kung mahahalin niyo ang
bawat isa." 36 Sinabi sa kaniya ni Simon Pedro, "Panginoon,
saan kayo pupunta?" Sumagot si Jesus, kung saan ako
pupunta, sa ngayon ay hindi kayo makakasunod, ngunit
makakasunod kayo pagkatapos nito." 37 Sinabi ni Pedro
sa kaniya, "Panginoon, bakit hindi kita masusundan kahit
ngayon? Ibibigay ko ang buhay ko para sa iyo." 38 Sumagot
si Jesus, "Ibibigay mo ang buhay mo para sa akin? Tunay
nga sinasabi ko sa iyo, hindi titiilaok ang tandang hanggang
ikaila mo ako ng tatlong beses.

**14** Huwag ninyong hayaan mabalisa ang inyong puso.
Manampalataya kayo sa Diyos; manampalataya rin
kayo sa akin. 2 Sa tahanan ng aking Ama ay maraming
mga tirahan; Kung hindi gayon, sinabi ko na sana sa inyo;
sapagka't aalis ako upang maghanda ng tirahan para sa
inyo. 3 Kung aalis ako at maghanda ng matititrahan ninyo,
ako ay muling babalik at tatanggapin kayo sa aking sarili,
upang kung saan man ako, kayo ay naroon din. 4 Alam
ninyo ang daan kung saan ako pupunta." 5 Sinabi ni Tomas
kay Jesus, "Panginoon, hindi namin alam kung saan kayo
pupunta, papaano namin malalaman ang daan? 6 Sabi ni
Jesus sa kaniya, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang
buhay; walang sinuman ang makararating sa Ama maliban
sa pamamagitan ko. 7 Kung nakilala mo na ako, dapat
kilala mo na rin ang aking Ama; mula ngayon kilala mo na
siya at nakita mo na siya." 8 Ang sabi ni Felipe kay Jesus,
"Panginoon, ipakita mo sa amin ang Ama, at iyon ay sapat
na sa amin". 9 Ang sabi ni Jesus sa kaniya, "Felipe, hindi ba
matagal na akong kasama ninyo, at hindi mo pa rin ako
nakikilala? Kung sinuman ang nakakita sa akin, nakakita sa
Ama; paano mo nasasabi, 'Ipakita sa amin ang Ama'? 10
Hindi ka ba naniniwala na ako ay nasa Ama at ang Ama
ay nasa akin? Ang mga salitang sinasabi ko sa inyo ay
sinasabi ko hindi sa aking sariling kapasyahan; sa halip, ito
ay ang Ama na nananahan sa akin na siyang gumagawa
ng kaniyang gawain. 11 Maniwala kayo sa akin, na ako ay
nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin; o kaya, maniwala
kayo sa akin dahil sa mismo kong ginagawa. 12 Tunay nga
ang sinasabi ko sa inyo, sinuman ang sumasampalataya sa
akin, sa mga gawain na ginagawa ko, gagawin niya rin itong
mga ginagawa ko; at gagawa siya ng mas higit na dakilang
mga gawain dahil ako ay pupunta sa Ama. 13 Anuman ang
inyong hingin sa aking pangalan, gagawin ko upang ang
Ama ay maluluwalhati sa Anak. 14 Kung anuman ang inyong
hingin sa aking pangalan, iyon ay gagawin ko. 15 Kung
mahal ninyo ako, susundin ninyo ang aking mga kautusan.
16 At mananalangin ako sa Ama, at bibigyan niya kayo ng isa
pang Manga-aliw upang siya ay sumainyo magpakailanman,
**(aiōn g165)** 17 na ang Espiritu ng katotohanan. Hindi siya
maaaring tanggapin ng mundo dahil hindi siya nakikita nito o
nakikilala man. Subalit, kayo, kilala ninyo siya, dahil nanatili
siya sa inyo at sasainyo. 18 Hindi ko kayo iiwanan nang
nag-iisa. Babalik ako sa inyo. 19 Sa sandaling panahon,
hindi na ako makikita ng mundo, ngunit makikita ninyo ako.
Sapagkat nabubuhay ako, mabubuhay din kayo. 20 Sa araw
na iyon, malalaman ninyo na ako ay nasa Ama, at kayo
ay nasa akin, at ako ay nasa inyo. 21 Ang sinuman na
mayroon ng aking mga kautusan at isinasagawa ang mga
ito; siya ang nagmamahal sa akin; at siya na nagmamahal
sa akin ay mamahalin ng aking Ama, at mamahalin ko rin
siya, at ipakikita ko sa kaniya ang aking sarili." 22 Sinabi ni
Judas (hindi si Iscariote) kay Jesus, "Panginoon, ano ang
nangyayari na inyong ipakikita ang iyong sarili sa amin at
hindi sa mundo?" 23 Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya:
"Kung sinuman ang magmamahal sa akin, isasagawa niya
ang aking salita. Mamahalin siya ng aking Ama, at kami
ay paparoon sa kaniya at gagawa kami ng aming tirahan
kasama niya. 24 Ang sinumang hindi nagmamahal sa akin
ay hindi isinasagawa ang aking mga salita. Ang salitang
inyong naririnig ay hindi sa akin, ngunit sa Ama na nagsugo
sa akin. 25 Sinabi ko na sa inyo ang mga bagay na ito,
habang ako ay nabubuhay pa kasama ninyo. 26 Subalit,
ang Manga-aliw na ang Banal na Espiritu na ipapadala ng
Ama sa aking pangalan ay magtuturo sa inyo ng lahat ng
mga bagay at magpapaalala ng lahat ng aking sinabi sa
inyo. 27 Kapayapaan ang iiwan ko sa inyo; ibinibigay ko ang
aking kapayapaan sa inyo. Hindi ko ito ibinibigay katulad ng
pagbibigay ng mundo. Huwag hayaang mabalisa ang inyong
puso, at huwag ito hayaang matakot. 28 Narinig ninyo ang
sinabi ko sa inyo, "Ako ay aalis, at babalik ako sa inyo'.
Kung minahal ninyo ako, nagagalak na sana kayo dahil
pupunta ako sa Ama, sapagkat ang Ama ay higit na dakila
kaysa sa akin. 29 Ngayon nasabi ko na sa inyo bago pa ito
mangyayari upang kung mangyari man ito, kayo ay maaring
maniwala. 30 Hindi na ako masyadong magsasalita sa inyo,
dahil darating na ang prinsipe ng mundong ito. Wala siyang
kapangyarihan sa akin, 31 ngunit upang malaman ng mundo
na mahal ko ang Ama, ginagawa ko kung ano ang inuutos
ng Ama sa akin, katulad lamang ng pagbigay niya sa akin
ng kautusan. Magsitindig na kayo, umalis na tayo sa lugar
na ito."

**15** Ako ang tunay na puno ng ubas at ang aking Ama ang
tagapag-alaga ng ubasan. 2 Inaalis niya sa akin ang
bawat sanga na hindi nagbubunga, at nililinis niya ang bawat

sanga na nagbubunga upang ito ay lalong mamunga ng higit
pa. 3 Kayo ay malinis na dahil sa mensahe na sinabi ko sa
inyo. 4 Manatili kayo sa akin at ako sa inyo. Katulad ng sanga
na hindi maaring magbunga sa kaniyang sarili, maliban
na ito ay nananatili sa puno, kaya hindi rin kayo maaring
magbunga, maliban kung kayo ay mananatili sa akin. 5 Ako
ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang mananatili
sa akin at ako sa kaniya, ang tao ring ito ay namumunga
ng marami, sapagka't wala kayong magagawa kung kayo
ay hiwalay sa akin. 6 Ang sinumang hindi nanatili sa akin,
tinatapon siya katulad ng sanga at natutuyo; tinitipon ng
mga tao ang mga sanga at itinatapon ang mga ito sa apoy,
at ang mga ito ay sinusunog. 7 Kung kayo ay mananatili sa
akin, at kung ang aking mga salita ay mananatili sa inyo,
humingi kayo ng anumang nais ninyo, at ito ay gagawin para
sa inyo. 8 Sa ganito ay naluluwalhati ang aking Ama na kayo
ay mamunga ng marami at na kayo ay maging aking mga
alagad. 9 Katulad ng pagmamahal sa akin ng Ama, kayo rin
ay minahal ko, manatili kayo sa aking pagmamahal. 10 Kung
tutuparin ninyo ang aking mga kautusan, mananatili kayo
sa aking pagmamahal katulad ng pagtutupad ko sa mga
kautusan ng Ama at nanatili sa kaniyang pagmamahal. 11
Sinasabi ko ang mga bagay na ito sa inyo upang ang aking
kagalakan ay sumainyo at upang ang inyong kagalakan ay
maging lubos. 12 Ito ang akin kautusan, na dapat ninyong
mahalin ang isa't isa katulad ng pagmamahal ko sa inyo.
13 Walang sinuman ang nagmahal na hihigit pa rito, na
kaniyang inaalay ang kaniyang buhay para sa kaniyang mga
kaibigan. 14 Kayo ay mga kaibigan ko kung ginagawa ninyo
ang mga bagay na iniuutos ko sa inyo. 15 Hindi ko na kayo
tinatawag na mga lingkod, dahil hindi nalalaman ng lingkod
kung ano ang ginagawa ng kaniyang Panginoon. Tinawag
ko kayong mga kaibigan dahil ipinaalam ko sa inyo ang lahat
ng mga bagay na narinig ko mula sa aking Ama. 16 Hindi
kayo ang pumili sa akin ngunit pinili ko kayo at itinalaga
kayo na humayo at magbunga at manatili ang inyong bunga.
Ito ay upang kung anuman ang hingin ninyo sa Ama sa
aking pangalan, ibibigay niya ito sa inyo. 17 Ang mga bagay
na ito ay iniuutos ko sa inyo, na magmahalan kayo sa isa't
isa. 18 Kung kinamumuhian kayo ng mundo, alam ninyo
na kinamuhian muna ako nito bago kayo kamuhian nito.
19 Kung kayo ay sa mundo, mamahalin kayo ng mundo
bilang sa kaniya; ngunit dahil hindi kayo sa mundo, at dahil
pinili ko kayo mula sa mundo, sa kadahilanang ito kayo ay
kinamumuhian ng mundo. 20 Tandaan ninyo ang salitang
sinabi ko sa inyo. 'Ang lingkod ay hindi mas dakila kaysa sa
kaniyang panginoon'. Kung inusig nila ako, uusigin din nila
kayo; kung sinunod nila ang aking salita, susundin din nila
ang sa inyo. 21 Gagawin nila ang lahat ng mga bagay na ito
sa inyo dahil sa aking pangalan sapagkat hindi nila kilala ang
nagsugo sa akin. 22 Kung hindi ako dumating at nagsalita sa
kanila, hindi sana sila nagkasala; subali't ngayon wala silang
maidadahilan para sa kanilang kasalanan. 23 Ang namumuhi
sa akin ay namumuhi rin sa akin Ama. 24 Kung hindi ko sana
ginawa sa kanilang kalagitnaan ang mga gawain na hindi pa
nagawa ninuman; hindi sana sila nagkaroon ng kasalanan,
ngunit ngayon, pareho na nilang nakita at kinamuhian ako
at ang aking Ama. 25 Ito ay nangyayari upang ang salita
ay matupad na ayon sa nakasulat sa kanilang kautusan:
Kinamumuhian nila ako ng walang kadahilanan." 26 Kapag
darating na ang Manga-aliw na siyang aking isusugo sa
inyo mula sa Ama, na ang Espiritu ng katotohanan, na
nanggaling mula sa Ama, magpapatotoo siya tungkol sa
akin. 27 Magpapatotoo rin kayo dahil kasama ko na kayo
mula pa sa simula.

16 Sinabi ko ang mga bagay na ito sa inyo upang hindi
kayo matisod. 2 Palalayasin nila kayo sa mga sinagoga;
tunay nga na darating ang oras na ang sinumang papatay sa
inyo ay mag-aakalang gumagawa siya ng mabuting gawain
para sa Diyos. 3 Gagawin nila ang mga bagay na ito dahil
hindi nila nakikilala ang Ama o ako. 4 Sinabi ko ang mga
bagay na ito sa inyo upang kung ang oras ay dumating para
ang mga ito ay mangyari, maaari ninyong maalala ang mga
ito at kung paano ko sinabi sa inyo ang mga bagay tungkol
sa mga ito. Hindi ko sinabi sa inyo ang mga bagay na ito
noong simula dahil ako ay kasama ninyo. 5 Subalit, ngayon
ako ay pupunta sa kaniya na nagsugo sa akin, ngunit wala ni
isa man sa inyo ang nagtanong sa akin: "Saan ka pupunta?"
6 Dahil sa sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito, napuno
ng kalungkutan ang inyong puso. 7 Gayunpaman, sinasabi
ko sa inyo ang katotohanan: makabubuti sa inyo na ako ay
lumisan; dahil kung hindi ako lilisan; hindi darating sa inyo
ang Manga-aliw, subalit kung ako ay lilisan, susuguin ko siya
sa inyo. 8 Sa kaniyang pagdating, ipahahayag ng Mangaaliw
sa mundo tungkol sa kasalanan, tungkol sa katuwiran at
tungkol sa paghuhukom— 9 tungkol sa kasalanan, dahil
hindi sila naniniwala sa akin, 10 tungkol sa katuwiran, dahil
ako ay pupunta sa Ama, at hindi na ninyo ako makikita, 11 at
tungkol sa paghuhukom, dahil ang prinsipe ng mundong ito
ay nahatulan na. 12 Maraming mga bagay akong sasabihin
sa inyo, subalit hindi ninyo mauunawaan ang mga ito sa
ngayon. 13 Subalit, kapag siya na Espiritu ng Katotohanan
ay dumating, gagabayan niya kayo sa lahat ng katotohanan:
dahil hindi siya magsasalita mula sa kaniyang sarili, ngunit
anumang mga bagay ang naririnig niya, sasabihin niya
ang mga ito, at ihahayag niya sa inyo ang mga bagay na
darating. 14 Luluwalhatiin niya ako, dahil kukunin niya ang
mga bagay na akin, at ihahayag ang mga ito sa inyo. 15 Ang

lahat ng anumang bagay na mayroon ang Ama ay akin. Kaya
nga sinabi ko na kukunin ng Espritu ang mga bagay na akin
at ihahayag ang mga ito sa inyo. **16** Sa kaunting panahon na
lamang, ako ay hindi na ninyo makikita, pagkatapos muli
ng kaunting panahon makikita ninyo ako." **17** Ang ilan sa
mga alagad ay nagsabi sa isa't -isa, "Ano itong sinasabi
niya sa atin, 'Sa kaunting panahon at hindi na ninyo ako
makikita,' at muli 'Sa kaunting panahon at makikita ninyo
ako' at 'Dahil ako ay pupunta sa Ama?' **18** Kaya nga sinabi
nila, "Ano nga ito na sinabi niya, 'Sa kaunting panahon?'
Hindi natin alam ang sinasabi niya." **19** Nakita ni Jesus
na sila ay sabik na tanungin siya, at sinabi niya sa kanila,
"Tinatanong ba ninyo ang inyong mga sarili tungkol dito,
na aking sinabi, 'Sa kaunitng panahon ay hindi na ninyo
ako makikita; at matapos ang kaunting panahon, muling
makikita ninyo ako?' **20** Tunay nga na sinasabi ko sa inyo,
kayo ay mananangis at mananaghoy, subalit ang mundo ay
magagalak; kayo ay magdadalamhati subalit ang inyong
dalamhati ay magiging kagalakan. **21** Ang babae ay may
dalamhati kapag siya ay nakararamdam ng pananakit ng
tiyan dahil ang oras ng kaniyang panganganak ay malapit
na; ngunit kapag naipanganak na niya ang bata, hindi na
niya naaalala ang sakit dahil sa kaniyang kagalakan na
isang sanggol ay naipanganak na sa mundo. **22** Kayo rin,
may dalamhati kayo ngayon, ngunit makikita ko kayong muli;
at ang inyong puso ay magagalak, at walang sinumang
makapag-aalis ng kagalakang ito mula sa inyo. **23** Sa araw
na iyon, hindi kayo magtataong ng kahit anong tanong.
Tunay nga na sinasabi ko sa inyo, kung anuman ang hingin
ninyo sa Ama, ibibigay niya ito sa inyo sa aking pangalan.
**24** Hanggang ngayon wala pa kayong hinihinging anuman
sa aking pangalan; humingi kayo at kayo ay tatanggap
upang ang inyong kagalakan ay maging lubos. **25** Sinabi
ko sa inyo ang mga bagay na ito sa nakakubling wika,
ngunit ang oras ay darating, na hindi na ako magsasalita
sa inyo sa nakakubling wika, ngunit sa halip sasabihin ko
ng malinaw ang tungkol sa Ama. **26** Sa araw na iyon kayo
ay hihingi sa aking pangalan, at hindi ko sinasabi na ako
ay dadalangin sa Ama para sa inyo; **27** dahil ang Ama
mismo ay nagmamahal sa inyo, dahil minahal ninyo ako at
sapagka't kayo ay naniwala na ako ay nagmula sa Ama. **28**
Nagmula ako sa Ama, at ako ay dumating sa mundo; muling
lilisanin ko ang mundo at ako ay pupunta sa Ama. **29** Sinabi
ng kaniyang mga alagad sa kaniya, "Tingnan mo, ngayon
ay nagsasalita ka sa amin ng malinaw at hindi gumagamit
ng matalinghagang pananalita. **30** Ngayon alam na namin
na nalalaman mo ang lahat ng mga bagay at hindi mo
kailangan ang sinuman upang ikaw ay tanungin ng mga
katanungan. Dahil dito naniniwala kami na ikaw ay nagmula
sa Diyos. **31** Sinagot sila ni Jesus, "Naniniwala na ba kayo?"
**32** Tingnan ninyo, ang oras ay paparating, oo at dumating
na nga, na kayo ay magkakahiwa-hiwalay, bawa't isa sa
kaniyang sariling pag-aari, at iiwanan ninyo akong mag-
isa. Subalit ako ay hindi nag-iisa dahil ang Ama ay kasama
ko. **33** Sinabi ko na sa inyo ang mga bagay na ito upang
magkaroon kayo ng kapayapaan sa akin. Sa mundo, kayo
ay mayroong mga kabalisahan, subalit lakasan ninyo ang
inyong loob; napagtagumpayan ko na ang mundo.

**17** Sinabi ni Jesus ang mga bagay na ito; pagkatapos,
tumingala siya sa langit at sinabi, "Ama, dumating
na ang oras; luwalhatiin mo ang iyong Anak upang ikaw
ay luwalhatiin ng Anak— **2** tulad ng pagbigay mo sa
kaniya ng kapangyarihan sa lahat ng laman upang siya
ay makapagbigay ng buhay na walang hanggan sa lahat
ng sinumang ibinigay mo sa kaniya. **(aiōnios g166)** **3** Ito ang
buhay na walang hanggan: na ikaw ay dapat nilang makilala,
ang nag-iisang tunay na Diyos, at ang isinugo mong si
Jesu-Cristo. **(aiōnios g166)** **4** Ikaw ay niluwalhati ko sa lupa,
pagkatupad ko sa mga gawain na ibinigay mo sa akin para
gawin. **5** Ngayon, Ama, luwalhatiin mo ako kasama ng iyong
sarili sa kaluwalhatian na mayroon ako sa iyo bago pa
nalikha ang mundo. **6** Ipinahayag ko ang iyong pangalan
sa mga tao na ibinigay mo sa akin mula sa mundo. Sila
ay iyo; at ibinigay mo sila sa akin, at pinanatili nila ang
iyong salita. **7** Ngayon, alam nila na kahit anumang mga
bagay na ibinigay mo sa akin ay nagmula sa iyo, **8** dahil
ang mga salitang ibinigay mo sa akin — ibinigay ko ang
mga salitang ito sa kanila. Tinanggap nila ang mga ito at
totoong nalaman na ako ay nanggaling sa iyo, at naniwala
sila na ako ay isinugo mo. **9** Nananalangin ako para sa
kanila. Hindi ako nananalangin para sa mundo ngunit para
sa kanilang mga ibinigay mo sa akin, dahil sila ay sa iyo. **10**
Ang lahat ng bagay na akin ay sa iyo, at ang mga bagay na
sa iyo ay akin; naluwalhati ako sa kanila. **11** Ako ay hindi na
sa mundo, ngunit ang mga taong ito ay nasa mundo, at
ako ay pupunta na sa iyo. Banal na Ama, panatilihin sila
sa iyong pangalan na ibinigay mo sa akin upang sila ay
maging isa, katulad natin na iisa. **12** Habang ako ay kasama
nila, pinanatili ko sila sa iyong pangalan na ibinigay mo
sa akin; binantayan ko sila, at wala ni isa sa kanila ang
napahamak, maliban sa anak ng kapahamakan, upang ang
kasulatan ay matupad. **13** Ngayon, ako ay pupunta sa iyo;
ngunit sinasabi ko ang mga bagay na ito sa mundo upang
sila ay magkaroon ng aking kagalakan na ginawang lubos sa
kanilang mga sarili. **14** Naibigay ko na sa kanila ang iyong
salita; ang mundo ay namuhi sa kanila sapagkat hindi sila sa
mundo, katulad lamang na ako ay hindi sa mundo. **15** Hindi
ko ipinapanalangin na dapat mo silang kunin mula sa mundo

ngunit sila ay dapat mong pangalagaan mula sa kaniya na
masama. 16 Sila ay hindi mula sa mundo, tulad ko na hindi
mula sa mundo. 17 Italaga mo sila sa iyong sarili na nasa
katotohanan; ang iyong salita ay katotohanan. 18 Isinugo mo
ako sa mundo, at isinugo ko sila sa mundo. 19 Alang-alang
sa kanila itinalaga ko ang aking sarili sa iyo ng sa gayon
sila din ay maitalaga sa iyo sa katotohanan. 20 Hindi ako
nanalangin para lang sa mga ito, ngunit pati na rin sa mga
mananampalataya sa akin sa pamamagitan ng kanilang
salita 21 upang lahat sila ay maging isa, na gaya mo, Ama,
ay nasa akin, at ako ay nasa iyo. Ipinapanalangin ko na sila
rin ay magig isa sa atin upang ang mundo ay maniwala na
isinugo mo ako. 22 Ang kaluwalhatian na ibinigay mo sa akin
— ibinigay ko ito sa kanila, upang sila ay maging isa, tulad
natin na iisa — 23 ako sa kanila, at ikaw sa akin, na sila ay
maging ganap na iisa; nang malaman ng mundo na ikaw ang
nagsugo sa akin, at minahal ko sila, tulad ng pagmamahal
mo sa akin. 24 Ama, silang mga ibinigay mo sa akin — nais
ko rin na sila ay makasama ko kung nasasaan ako, upang
makita nila ang kaluwalhatian ko, na ibinigay mo sa akin:
dahil ako ay minahal mo mula noong bago pa lang natatag
ang mundo. 25 Amang matuwid, hindi ka kilala ng mundo,
ngunit ikaw ay kilala ko; at alam ng mga ito na isinugo mo
ako. 26 Ipinahayag ko ang iyong pangalan sa kanila, at
ipapahayag ko ito upang ang pagmamahal na iyong ibinigay
sa akin ay mapasakanila, at ako ay mapasakanila."

**18** Pagkatapos sabihin ni Jesus ang mga salitang ito,
lumabas siya kasama ang kaniyang mga alagad sa
Lambak ng Cedron, kung saan mayroong isang hardin na
kaniyang pinasok, siya at ang kaniyang mga alagad. 2
Ngayon si Judas na magkakanulo sa kaniya ay alam din ang
lugar, dahil madalas magpunta roon si Jesus kasama ang
kaniyang mga alagad. 3 Pagkatapos, si Judas, pagkatanggap
sa grupo ng mga sundalo at ang mga opisiyal mula sa mga
pinunong mga pari at ng mga Pariseo, dumating roon ng may
mga lampara, mga sulo at mga sandata. 4 Pagkatapos, si
Jesus, na nakaaalam ng lahat ng mga bagay na nangyayari
sa kaniya, ay pumunta sa harapan at tinanong sila, "Sino
ang inyong hinahanap?" 5 Sumagot sila sa kaniya "Si Jesus
ng Nazaret." Sinabi ni Jesus sa kanila, "Ako iyon." Si Judas,
na siyang nagkanulo sa kaniya, ay nakatayo rin kasama
ng mga sundalo. 6 Kaya nang sinabi niya sa kanila, "Ako
nga," umatras sila at bumagsak sa lupa. 7 Pagkatapos, muli
niya silang tinanong, "Sino ang inyong hinahanap?" Muli
nilang sinabi, "Si Jesus ng Nazaret." 8 Sumagot si Jesus,
"Sinabi ko na sa inyo na ako nga siya; kaya kung ako ang
inyong hinahanap, hayaan ninyong makaalis ang mga ito." 9
Ito ay upang matupad ang salita na kaniyang sinabi: "Sa
lahat ng mga ibinigay mo sa akin, wala ni isang nawala."
10 Pagkatapos, si Simon Pedro na may isang espada, ay
hinugot ito at tinaga ang lingkod ng pinunong pari at tinapyas
ang kaniyang kanang tenga. Ngayon, ang pangalan ng
lingkod ay Malco. 11 Sinabi ni Jesus kay Pedro, "Ibalik mo
ang espada sa lalagyan nito. Ang tasa na ibinigay ng Ama
sa akin, hindi ko ba ito dapat iinumin?" 12 Kaya dinakip
si Jesus ng grupo ng mga sundalo, at ng kapitan, at ng
mga opisiyal ng mga Judio at ginapos siya. 13 Una siyang
dinala nil kay Annas, sapagkat siya ang biyenan ni Caifas
na pinunong pari ng taong iyon. 14 Ngayon, si Caifas ang
nagbigay ng payo sa mga Judio na naaangkop na isang tao
ang dapat mamatay para sa mga tao. 15 Sinundan ni Simon
Pedro si Jesus, gayun din ang isa pang alagad. Ngayon, ang
alagad na iyon ay kilala ng pinakapunong pari, at siya ay
pumasok kasama ni Jesus sa patyo ng pinakapunong pari;
16 ngunit nakatayo si Pedro sa pinto sa labas. Kaya ang isa
pang disipulo, na kilala ng pinakapunong pari, ay lumabas at
kinausap ang babaeng lingkod na nagbabantay ng pinto, at
ipinasok si Pedro. 17 Pagkatapos, sinabi ng babaeng lingkod
na nagbabantay sa pinto kay Pedro, "Hindi ba isa ka rin sa
mga alagad ng lalaking ito?" Sinabi niya, "Hindi." 18 Ngayon,
ang mga lingkod at ang mga opisiyal ay nakatayo roon;
gumawa sila ng apoy gamit ang uling, sapagkat malamig
noon, at pinapainitan nila ng kanilang mga sarili. Si Pedro ay
kasama rin nilang nakatayo at pinapainitan ang kaniyang
sarili. 19 Tinanong ng pinakapunong pari si Jesus tungkol sa
kaniyang mga alagad at kaniyang katuruan. 20 Sinagot siya
ni Jesus, "Ako ay hayagang nagsasalita sa mundo; palagi
akong nagtuturo sa mga sinagoga at sa templo kung saan
ang lahat ng mga Judio ay nagsasama -sama. Wala akong
sinabi na palihim. 21 Bakit mo ako tinatanong? Tanungin
mo ang mga nakapakinig sa akin tungkol sa aking sinabi.
Alam ng mga taong ito ang mga bagay na aking sinabi."
22 Nang masabi ito ni Jesus, hinampas si Jesus ng isa sa
mga opisiyal na nakatayo sa malapit sa pamamagitn ng
kaniyang kamay at sinabi, "Ganiyan ka ba dapat sumagot
sa pinakapunong pari?" 23 Sinagot siya ni Jesus, "Kung
may sinabi akong anumang masama, maging saksi ka sa
kasamaan. Gayunman, kung maayos akong sumagot, bakit
mo ako hinampas?" 24 Pagkatapos nito pinadala ni Annas si
Jesus na nakagapos kay Caifas na pinakapunong pari. 25
Ngayon si Simon Pedro ay nakatayo at pinapainitan ang
kaniyang sarili. At sinabi ng mga tao sa kaniya, "Hindi ba
isa ka rin sa kaniyang mga alagad? Itinanggi niya ito at
sinabi, "Hindi." 26 Ang isa sa mga lingkod ng pinakapunong
pari, na kamag-anak ng lalaking tinapyas ni Pedro ang
tenga, ay nagsabi, "Hindi ba nakita kita sa hardin kasama
niya?" 27 At itinanggi itong muli ni Pedro, at agad-agad
tumilaok ang tandang. 28 Pagkatapos ay dinala nila si

Jesus mula kay Caifas patungo sa Pretorio. Umagang-
umaga pa noon at sila mismo ay hindi pumasok sa Pretorio
upang hindi sila marumihan at upang sila ay makakain sa
Paskwa. **29** Kaya lumabas si Pilato sa kanila at sinabing,
"Anong paratang ang dala-dala ninyo laban sa lalaking ito?"
**30** Sumagot sila at sinabi sa kaniya, "Kung ang lalaking
ito ay hindi manggagawa ng masama, hindi namin siya
dadalhin sa iyo." **31** Kaya sinagot sila ni Pilato, "Dalhin ninyo
siya, at hatulan siya ayon sa inyong batas." Sinabi ng mga
Judio sa kaniya, "Hindi naaayon sa batas para sa amin
ang pumatay ng sinumang tao." **32** Sinabi nila ito upang
matupad ang mga salita ni Jesus, ang salita na kaniyang
sinabi na ipinahiwatig kung anong uri ng kamatayan siya
mamamatay. **33** Pagkatapos, muling pumasok si Pilato sa
Pretorio at tinawag si Jesus, sinabi niya sa kaniya, "Ikaw ba
ang hari ng mga Judio?" **34** Sumagot si Jesus, "Tinatanong
mo ba ito ayon sa iyong sariling palagay, o sinabi ng iba
sa iyo na itanong ito sa akin? **35** Sumagot si Pilato, "Hindi
ako Judio, di ba? Ang iyong sariling bayan at ang mga
pinunong pari ay dinala ka dito sa akin; ano ba ang iyong
ginawa?" **36** Sumagot si Jesus, "Ang aking kaharian ay hindi
sa mundong ito. Kung ang aking kaharian ay kabahagi ng
mundong ito, makikipaglaban ang aking mga lingkod upang
hindi ako maibigay sa mga Judio. Sa katunayan, ang aking
kaharian ay hindi nagmumula dito." **37** Pagkatapos, sinabi
ni Pilato sa kaniya, "Ikaw nga ba ay isang hari?" Sumagot
si Jesus, "Sinabi mo na ako ay hari. Ako ay ipinanganak
para sa layuning ito, at para sa layuning ito ako naparito sa
mundo upang ako ay magpatotoo sa katotohanan. Lahat
ng kabilang sa katotohanan ay nakikinig ng aking tinig." **38**
Sinabi ni Pilato sa kaniya, "Ano ang katotohanan?" Nang
masabi niya ito, lumabas siya muli sa mga Judio at sinabi
sa kanila, "Wala akong nakitang krimen sa taong ito. **39**
Mayroon kayong kaugalian na dapat akong magpalaya ng
isang tao sa Paskwa. Kaya gusto ba ninyong pakawalan ko
sa inyo ang Hari ng mga Judio?" **40** Sumigaw silang muli at
sinabi, "Hindi ang lalaking ito, kundi si Barabas. Ngayon si
Barabas ay isang tulisan.

**19** Pagkatapos kinuha ni Pilato si Jesus at nilatigo siya.
**2** Ang mga sundalo ay pumilipit ng mga tinik upang
gumawa ng korona. Inilagay nila ito sa ulo ni Jesus at
dinamitan siya ng kulay lilang na kasuotan. **3** Lumapit sila sa
kaniya at sinabi, "Bigyang parangal, ang Hari ng mga Judio!"
At hinampas nila siya ng kanilang mga kamay. **4** Pagkatapos
ay lumabas muli si Pilato at sinabi sa mga tao. "Tingnan
ninyo, inilalabas ko ang lalaki sa inyo upang malaman ninyo
na wala akong nakitang kasalanan sa kaniya." **5** Kaya
lumabas si Jesus; suot- suot niya ang koronang mga tinik
at kulay lilang na kasuotan. Pagkatapos sinabi ni Pilato sa
kanila, "Tingnan ninyo, narito ang lalaki." **6** Kaya nga nang
makita ng mga pinunong pari at ng mga opisiyal si Jesus,
sumigaw sila at sinabin, "Ipako siya! Ipako siya!" Sinabi ni
Pilato sa kanila, "Kayo na mismo ang kumuha sa kaniya at
ipako siya sapagkat wala akong nakitang krimen sa kaniya."
**7** Sumagot ang mga Judio kay Pilato, "Mayroon kaming
isang batas, at sa pamamagitan ng batas na iyon dapat
siyang mamatay dahil ginawa niya ang kaniyang sarili na
Anak ng Diyos." **8** Nang marinig ni Pilato ang pahayag na
ito, mas lalo pa siyang natakot, **9** at pumasok siyang muli sa
Pretorio at sinabi kay Jesus, "Saan ka nanggaling?" Subalit
hindi siya binigyan ng sagot ni Jesus. **10** Pagkatapos, sinabi
ni Pilato sa kaniya, "Hindi ka ba magsasalita sa akin? Hindi
mo ba alam na may kapangyarihan ako na palayain ka at
kapangyarihan na ipapako ka?" **11** Sumagot si Jesus sa
kaniya, "Wala kang kapangyarihan laban sa akin maliban
kung ito ay ibinigay sa iyo mula sa itaas. Kaya ang taong
nagdala sa akin sa iyo ay may mas malaking kasalanan." **12**
Sa sagot na ito, sinubukan ni Pilato na palayain siya, ngunit
ang mga Judio ay sumigaw at sinabi, "Kung papalayain
mo ang lalaking ito, ikaw ay hindi kaibigan ni Cesar: Lahat
ng tao na ginagawa ang kaniyang sarili na isang hari ay
nagsasalita laban kay Cesar." **13** Nang marinig ni Pilato ang
mga salitang ito, inilabas niya si Jesus at umupo sa upuan
ng paghuhukom sa lugar na tinatawag na Ang Entablado,
ngunit sa Hebreo ay Gabbatha. **14** Ngayon, ito ay ang araw
ng paghahanda para sa Paskwa, nang mag-iika-anim na
oras. Sinabi ni Pilato sa mga Judio, "Tingnan ninyo, narito
ang inyong hari!" **15** Sumigaw sila, "ilayo ninyo siya sa
amin, ilayo ninyo siya amin, ipako siya." Sinabi ni Pilato sa
kanila, "Dapat ko bang ipako ang inyong Hari?" Sumagot
ang mga pinunong pari, "Wala kaming ibang hari kundi
si Cesar." **16** Pagkatapos, ibinigay ni Pilato si Jesus sa
kanila upang maipako. **17** Kaya dinala nila si Hesus, at siya
ay lumabas, pasan-pasan niya ang krus, tungo sa lugar
na kung tawagin ay Ang Lugar ng Bungo, na sa Hebreo
ay tinatawag na Golgota. **18** Doon nila ipinako si Jesus,
kasama niya ang dalawa pang lalaki, isa sa magkabilang
tabi, at nasa gitna si Jesus. **19** Sumulat rin si Pilato ng
karatula at inilagay ito sa krus. Ito ang nakasulat doon: SI
JESUS Na TAGA NAZARET, ANG HARI NG MGA JUDIO.
**20** Maraming mga Judio ang nakabasa ng karatulang ito
dahil ang lugar kung saan ipinako si Jesus ay malapit sa
lungsod. Ang karatula ay naisulat sa Hebreo, sa Latin at sa
Griyego. **21** At sinabi ng mga pinunong pari ng mga Judio
kay Pilato, "Huwag mong isulat, 'Ang hari ng mga Judio', sa
halip ay ang sinabi niyang, 'Ako ang Hari ng mga Judio.'"
**22** Sumagot si Pilato, "Ang naisulat ko na ay naisulat ko
na." **23** Pagkatapos ipako ng mga sundalo si Jesus, kinuha

nila ang kaniyang kasuotan at pinaghatihati ng apat, isang
bahagi sa bawat sundalo, at gayon din ang tunika. Ngayon
ang tunika ay walang tahi, ito ay hinabi mula sa itaas at
sa lahat ng bahagi. 24 Pagkatapos sinabi nila sa isa't isa,
“Huwag nating punitin ito, sa halip tayo ay magsapalaran
para dito upang malaman natin kung kanino ito mapupunta.”
Nangyari ito upang maganap ang kasulatan na nagsasabi,
“Pinaghati-hatian nila ang mga kasuotan ko sa kanilang
mga sarili, at para sa aking damit sila ay nagsapalaran.” 25
Ginawa ng mga sundalo ang mga bagay na ito. Ang ina ni
Jesus, ang kapatid ng ina ni Jesus, si Maria na asawa ni
Cleopas, at Maria Magdalena— ang mga babaeng ito ay
nakatayo malapit sa krus ni Jesus. 26 Nang makita ni Jesus
ang kaniyang ina at ang alagad na kaniyang minamahal
na nakatayo sa malapit, sinabi ni Jesus sa kaniyang ina,
“Babae, tingnan mo, narito ang iyong anak.” 27 Pagkatapos,
sinabi ni Jesus sa alagad, “Tingnan mo, narito ang iyong ina!”
Mula sa mga oras na iyon tinanggap na siya ng alagad na
kabahagi ng sariling niyang tahanan. 28 Pagkatapos nito si
Jesus, dahil alam niya na ang lahat ng mga bagay ay tapos
na, upang ang kasulatan ay magkatotoo sinabi niya, “Ako ay
nauuhaw.” 29 Isang lalagyan na puno ng maasim na alak
ang nailagay doon, kaya naglagay sila ng isang espongha
puno ng maasim na alak sa isang tukod ng isopo at iniangat
ito sa kaniyang bibig. 30 Nang matanggap ni Jesus ang
maasim na alak, sinabi niya, “Naganap na.” Iniyuko niya
ang kaniyang ulo at isinuko ang kaniyang espiritu. 31 Noon
ay Paghahanda, at upang hindi manatili ang katawan sa
krus habang Araw ng Pamamahinga, (sapagkat ang Araw
ng Pamamahinga ay isang mahalagang araw), hiniling ng
mga Judio kay Pilato na ang mga binti ng mga lalaking
ipinako ay baliin, at ibaba na ang kanilang mga katawan. 32
At pumunta ang mga sundalo at binali ang mga binti ng
unang lalaki at ng ikalawang lalaki na napako kasama ni
Jesus. 33 Nang pumunta sila kay Jesus, nakita nila na siya
ay patay na kaya hindi na nila binali ang kaniyang mga
binti. 34 Gayunpaman, tinusok ng isa sa mga sundalo ang
kaniyang tagiliran gamit ang sibat, at agad-agad lumabas
ang dugo at tubig. 35 Ang nakakita nito ay naging saksi at at
ang kaniyang patotoo ay totoo. Alam niya na anuman ang
kaniyang sinabi ay totoo upang kayo din ay maniwala. 36
Ang mga bagay na ito ay nangyari upang ang kasulatan ay
matupad, “Walang mababali ni isa sa kaniyang mga buto.”
37 Isa pang kasulatan ay nagsabi, “Pagmamasdan nila siya
na kanilang ipinako.” 38 Pagkatapos ng mga bagay na ito, si
Jose na taga Arimatea, dahil siya ay isa sa mga alagad ni
Jesus, ngunit sa takot sa mga Judio ay palihim na hiniling
kay Pilato kung maaari niyang kunin ang katawan ni Jesus.
Binigyan siya ni Pilato ng pahintulot. Kaya pumunta si Jose at
kinuha ang kaniyang katawan. 39 Pumunta rin si Nicodemo,
na siyang unang pumunta kay Jesus ng gabi. Nagdala siya
ng pinaghalong mira at sabila, mga isang daang litras ang
bigat. 40 Kaya kinuha nila ang katawan ni Jesus at binalot
ito ng telang lino na may kasamang mga pabango, ayun
sa kaugalian ng mga Judio sa paglilibing ng mga katawan.
41 Ngayon, sa lugar kung saan siya napako ay may isang
hardin; at sa hardin na iyon ay may isang bagong libingan
na kung saan ay wala pang tao na naililibing. 42 Dahil ito ay
araw ng paghahanda para sa mga Judio at dahil sa malapit
lang ang libingan, inilagay nila si Jesus doon.

**20** Ngayon madaling araw ng unang araw ng linggo
habang madilim pa, nagpunta si Maria Magdalena
sa libingan; nakita niya na naigulong ang bato malayo sa
libingan. 2 Kaya siya ay tumakbo at nagpunta kay Simon
Pedro at sa isa pang alagad na minamahal ni Jesus, at
sinabi niya sa kanila, “Kinuha nila ang katawan ng Panginoon
mula sa libingan at hindi namin alam kung saan nila siya
dinala.” 3 Kaya lumabas si Pedro at ang isa pang alagad
at nagpunta sila sa libingan. 4 Kapwa silang tumakbong
magkasama, naunahan sa pagtakbo ng isa pang alagad si
Pedro at naunang dumating sa libingan. 5 Yumuko siya at
tumingin sa loob; nakita niya ang telang lino na nakalatag
doon, ngunit hindi pa siya pumasok sa loob. 6 Pagkatapos
ay dumating si Simon Pedro kasunod niya at ito ay pumasok
sa loob ng libingan. Nakita niya ang mga telang lino na
nakalatag doon 7 at ang tela na dati ay nasa kaniyang ulo.
Hindi ito kasamang nakalatag sa mga damit na lino ngunit
ito ay nakabalumbon sa lugar kung saan ito nakalagay. 8 At
ang isa pang alagad ay pumasok rin, na unang dumating sa
libingan; nakita niya at siya ay naniwala. 9 Dahil hanggang
sa mga oras na iyon hindi pa rin nila alam ang kasulatan na
si Jesus ay dapat mabuhay na muli mula sa kamatayan. 10
Kaya ang mga alagad ay umalis muli at umuwi sa kanilang
mga tahanan. 11 Gayunpaman si Maria ay nakatayo sa
labas ng libingan na tumatangis; habang siya ay umiiyak,
yumuko siya at tumingin sa loob ng libingan. 12 Nakita niya
ang dalawang anghel na nakaputing kasuotan na nakaupo,
isa sa may ulunan, at ang isa sa may paanan, kung saan
ang katawan ni Jesus ay inihiga. 13 Sinabi nila sa kaniya,
“Babae, bakit ka tumatangis?” Sinabi niya sa kanila, “Dahil
kinuha nila ang aking Panginoon at hindi ko alam kung saan
nila siya inilagay. 14 Nang sinabi niya ito, napalingon siya at
nakitang nakatayo doon si Jesus, ngunit hindi niya alam
na ito ay si Jesus. 15 Sinabi sa kaniya ni Jesus, “Babae,
bakit ka tumatangis? “Sino ang hinahanap mo?” Akala niya
na siya ang hardinero kaya sinabi niya sa kaniya, “Ginoo,
kung kinuha ninyo siya, sabihin ninyo kung saan ninyo siya
inilagay at kukunin ko siya.” 16 Sinabi sa kaniya ni Jesus,

“Maria!” Iniharap niya ang kaniyang sarili, at sinabi sa kaniya
sa Aramaic, “Rabboni,” ibig sabihin “Guro.” **17** Sinabi sa
kaniya ni Jesus, “Huwag mo akong hawakan, dahil hindi
pa ako nakakaakyat sa Ama; ngunit pumunta ka sa aking
mga kapatid at sabihin sa kanila na aakyat ako sa aking
Ama at inyong Ama, at aking Diyos at inyong Diyos”. **18**
Pumunta si Maria Magdalena at sinabi sa mga alagad,
“Nakita ko ang Panginoon,” at sinabi ni Jesus ang mga
bagay na ito sa kaniya. **19** Kinagabihan ng araw na iyon
na unang araw ng linggo, at habang nakasara ang mga
pintong kinaroroonan ng mga alagad dahil sa takot nila sa
mga Judio, dumating si Jesus at tumayo sa kalagitnaan
nila at sinabi sa kanila, “Sumainyo ang kapayapaan.” **20**
Nang sinabi niya ito, ipinakita niya sa kanila ang kaniyang
mga kamay at kaniyang tagiliran. At nang makita ng mga
alagad ang Panginoon, nagalak sila. **21** At muling sinabi sa
kanila ni Jesus, “Nawa ang kapayapaan ay sumainyo. Kung
paano ako isinugo ng Ama, gayun din ko kayo sinusugo.” **22**
Nang sinabi ito ni Jesus, hiningahan niya sila, at sinabi sa
kanila, “Tanggapin ninyo ang Banal na Espiritu. **23** Kung
kanino mang kasalanan ang inyong patatawarin, ang mga
ito ay pinatatawad para sa kanila; kung kanino mang mga
kasalanan ang inyong pinanatili, ang mga ito ay mananatili.”
**24** Si Tomas, na isa sa Labindalawa, na tinatawag na Didimo,
ay hindi nila kasama nang si Jesus ay dumating. Paglaon
ay sinabi ng iba pang mga alagad sa kaniya, **25** “Nakita
namin ang Panginoon.” Sinabi niya sa kanila, “Maliban na
makita ko ang mga bakas ng mga pako sa kaniyang mga
kamay, at mailagay ko ang aking daliri sa bakas ng mga
pako, at mailagay ko ang aking kamay sa kaniyang tagiliran,
ay hindi ako maniniwala.” **26** Pagkalipas ng walong araw,
muling nasa loob ang mga alagad at si Tomas ay kasama
nila. Dumating si Jesus habang ang mga pinto ay nakasara,
tumayo sa gitna nila at sinabi, “Nawa ang kapayapaan ay
sumainyo.” **27** At sinabi niya kay Tomas, “Iabot mo dito ang
iyong daliri at tingnan ang aking mga kamay; iabot mo rito
ang iyong mga kamay at ilagay sa aking tagiliran; huwag
maging walang pananampalataya ngunit maniwala ka.” **28**
Sumagot si Tomas at sinabi sa kaniya, “Aking Panginoon at
aking Diyos.” **29** Sinabi sa kaniya ni Jesus, “Dahil nakita
mo ako, ikaw ay naniwala”. Pinagpala silang mga hindi
nakakita ngunit naniwala.” **30** Ngayon, si Jesus ay gumawa
ng maraming mga tanda sa harapan ng mga alagad, mga
tandang hindi naisulat sa aklat na ito, **31** ngunit naisulat ang
mga ito upang kayo ay maniwala na si Jesus ay ang Cristo,
ang Anak ng Diyos, at upang habang kayo ay naniniwala,
kayo ay magkakaroon ng buhay sa kaniyang pangalan.

**21** Pagkatapos ng mga ito, nagpakita muli si Jesus sa
mga alagad sa Dagat ng Tiberias; sa ganito niya
pinakita ang kaniyang sarili: **2** Si Simon Pedro kasama
sila Tomas na tinatawag na Didimus, Nataniel na mula sa
Cana ng Galilea, ang mga anak ni Zebedee, at iba pang
dalawang alagad ni Jesus. **3** Sinabi ni Simon Pedro sa
kanila, “Ako ay mangingisda.” Sinabi nila sa kaniya, “Kami
rin ay sasama sa iyo.” Umalis sila at sumakay sa isang
bangka, ngunit sa buong gabing iyon ay wala silang nahuli.
**4** Nang magbubukang liwayway na, tumayo si Jesus sa
dalampasigan, ngunit hindi nakikilala ng mga alagad na iyon
ay si Jesus. **5** At sinabi ni Jesus sa kanila, “Mga kabataan,
mayroon ba kayong kahit anumang makakain? Sumagot sila
sa kaniya, “Wala.” **6** Sinabi niya sa kanila, “Ihagis ninyo ang
lambat sa kanang bahagi ng bangka at mayroon kayong
mahuhuli.” Kaya inihagis nga nila ang kanilang lambat,
ngunit hindi na nila ito mahatak dahil sa dami ng mga isda.
**7** Pagkatapos sinabi kay Pedro ng alagad na minamahal
ni Jesus, “Ang Panginoon iyon.” Nang marinig ni Simon
Pedro na siya ang Panginoon, sinuot niya ang kaniya damit
panlabas ( dahil siya ay bahagyang nakahubad), at tumalon
sa dagat. **8** Ang ibang mga alagad ay sumakay sa bangka
(dahil sila ay hindi naman malayo mula sa lupa, humigit
kumulang, mga dalawang daang kubit), at kanilang hinihila
ang lambat na puno ng isda. **9** Nang makaahon sila sa lupa,
may nakita sila nagbabagang uling at may isdang nakalagay
sa ibabaw nito, at may tinapay. **10** Sinabi sa kanila ni Jesus,
“Magdala kayo ng ilang mga isda na kahuhuli ninyo pa
lamang.” **11** Umakyat si Simon Pedro at hinatak ang lambat
sa lupa, puno ng malalaking isda, 153 ang mga ito, kahit
napakarami ng mga ito, ang lambat ay hindi napunit. **12**
Sinabi ni Jesus sa kanila, “Halikayo at mag-almusal.” Wala
sa mga alagad ang nagtangkang magtanong sa kaniya na,
“Sino ka?” Alam nila na siya ang Panginoon. **13** Lumapit
si Jesus, kinuha ang tinapay, at ibinigay ito sa kanila,
ganoon din ang isda. **14** Ito ang ikatlong beses na pinakita
ni Jesus ang kaniyang sarili sa mga alagad pagkatapos
niyang bumangon mula sa patay. **15** Pagkatapos nilang
mag-agahan, sinabi ni Jesus kay Simon Pedro, “Simon anak
ni Juan, mas mahal mo ba ako kaysa sa mga ito?” Sinabi
ni Pedro sa kaniya, “Oo, Panginoon; alam mo na mahal
kita.” Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Pakainin mo ang aking
mga tupang bata.” **16** Sa pangalawang pagkakataon, sinabi
niya muli sa kaniya, “Simon, anak ni Juan, mahal mo ba
ako? Sinabi ni Pedro sa kaniya, “Oo, Panginoon, alam mo
na mahal kita.” Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Alagaan mo ang
aking mga tupa”. **17** Sinabi ni Jesus sa ikatlong pagkakataon,
“Simon, anak ni Juan, mahal mo ba ako?” Nalungkot si
Pedro dahil sinabi sa kanya ni Jesus ng ikatlong beses,
“Mahal mo ba ako?” Sinabi niya sa kaniya, “Panginoon,
alam mo ang lahat ng mga bagay; alam mo na mahal

kita.” Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Pakainin mo ang aking
tupa”. **18** Tunay nga sinabi ko sa iyo, noong bata ka pa,
dinadamitan mo ang iyong sarili at lumalakad ka kahit saan
mo gusto; subalit pagtumanda ka na, iuunat mo ang iyong
mga kamay, at ibang tao ang magdadamit sa iyo at dadalhin
ka sa lugar na ayaw mong puntahan.” **19** Ngayon sinabi
ito ni Jesus upang ipakita kung anong uri ng kamatayan
na maluluwalhati ni Pedro ang Diyos. Pagkatapos niyang
sabihin ito, sinabi niya kay Pedro, “Sumunod ka sa akin.” **20**
Lumingon si Pedro at nakita ang alagad na minamahal ni
Jesus na sumusunod sa kanila - na siya ring sumandal sa
dibdib ni Jesus sa hapunan at nagsabi, “Panginoon, sino
ang magkakanulo sa iyo? **21** Nakita siya ni Pedro at sinabi
kay Jesus, “Panginoon, ano ang gagawin ng lalaking ito?” **22**
Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Kung nais kong maghintay siya
hangang sa aking pagbalik, ano iyon sa iyo? Sumunod ka
sa akin.” **23** Kaya itong pahayag na ito ay kumalat sa mga
kapatiran, na yung alagad na iyon ay hindi mamamatay.
Ngunit hindi sinabi ni Jesus kay Pedro na ang alagad na ito
ay hindi mamamatay, ngunit, “Kung nais ko na dapat siyang
maghintay hanggang sa aking pagbalik, ano iyon sa iyo?” **24**
Ito ang alagad na nagpapatotoo tungkol sa mga bagay na
ito, at siya ang sumulat ng mga bagay na ito, at alam namin
na ang kaniyang patotoo ay totoo. **25** Marami pa ring ibang
mga bagay ang ginawa ni Jesus. Kung ang bawat isa ay
naisulat, sa palagay ko kahit ang mundo mismo ay hindi
mapagkakasya ang mga aklat na maisusulat.

# Mga Gawa

1 Teofilo, nabanggit sa unang aklat na aking isinulat ang
lahat ng mga gawain na sinimulan at itinuro ni Jesus.
2 Hanggang sa araw na siya ay tinanggap sa itaas. Ito
ay matapos siyang bigyan ng utos sa pamamagitan ng
Banal na Espiritu para sa mga Apostol na kaniyang pinili. 3
Pagkatapos ng kaniyang paghihirap, iniharap niyang buhay
ang kaniyang sarili sa kanila kasama ang marami pang
mga kapani-paniwalang katibayan. Sa loob ng apatnapung
araw, nagpakita siya sa kanila at nagsalita siya tungkol sa
kaharian ng Diyos. 4 Noong nakikipagkita pa siya sa kanila,
iniutos niya sa kanila na huwag umalis ng Jerusalem, kundi
maghintay sa pangako ng Ama na kung saan sinabi niya
“Narinig ninyo mula sa akin 5 na tunay na nagbautismo si
Juan gamit ang tubig, ngunit kayo ay mababautismuhan sa
Banal na Espiritu sa mga susunod na araw." 6 Nang sama-
sama silang nagkatipon tinanong nila siya, "Panginoon, ito
na ba ang oras na ibabalik mo ang kaharian sa Israel?" 7
Sinabi niya sa kanila, "Hindi na para malaman ninyo ang mga
oras o ang mga panahon na itinakda ng Ama sa kaniyang
sariling kapamahalaan. 8 Ngunit makakatanggap kayo ng
kapangyarihan, kapag sumainyo ang Banal na Espiritu at
kayo ay magiging saksi ko sa Jerusalem at sa buong Judea
at Samaria, at hanggang sa mga dulo ng mundo." 9 Nang
sabihin ng Panginoong Jesus ang mga bagay na ito, habang
nakatingala sila, siya ay itinaas, at itinago siya ng ulap mula
sa kanilang mga mata. 10 Habang nakatitig sila sa langit
nang siya ay paalis, bigla na lamang may dalawang lalaking
nakatayo sa tabi nila na nakasuot ng puti. 11 Sinabi nila,
“Kayong mga lalaking taga-Galilea, bakit kayo nakatayo
dito na nakatingin sa langit? Itong Jesus na umakyat sa
langit ay babalik rin sa paraang katulad ng nakita ninyo na
pagpunta niya sa langit.” 12 At bumalik sila sa Jerusalem
mula sa Bundok ng Olibo, na malapit sa Jerusalem, isang
Araw ng Pamamahinga na paglalakbay. 13 Pagkarating nila,
umakyat sila sa silid na nasa itaas, kung saan sila nananatili.
Sila ay sina Pedro, Juan, Santiago, Andres, Filipe, Tomas,
Bartolome, Mateo, Santiago na anak ni Alfeo, Simon na
Makabayan at si Judas na anak ni Santiago. 14 Sama-
sama silang nagkakaisa habang patuloy silang masigasig na
nananalangin. Kasama rito ang mga kababaihang sina Maria
na ina ni Jesus at ang kaniyang mga kapatid. 15 Sa mga araw
na iyon, tumayo si Pedro sa kalagitnaan ng mga kapatid,
na halos 120 katao at sinabi, 16 “Mga kapatid, kinailangan
na ang kasulatan ay matupad, na ang Banal na Espiritu ay
magsalita sa pamamagitan ng bibig ni David tungkol kay
Judas, na siyang gumabay sa mga dumakip kay Jesus. 17
Sapagkat nakasama natin siya at tinanggap ang kaniyang
bahagi ng kapakinabangan sa ministeryong ito.” 18 (Ngayon
bumili ang taong ito ng bukid mula sa kaniyang natanggap
kita dahil sa kaniyang kasamaan, at doon ay nahulog siya
na nauna ang ulo, ang kanyang katawan ay sumambulat,
at lahat ng kanyang bituka ay sumabog. 19 Narinig ng
lahat ng mga naninirahan sa Jerusalem ang tungkol dito,
kaya tinawag nila ang bukid na iyon na “Akeldama,” na
ang ibig sabihin sa kanilang salita ay, “Bukid ng Dugo”.) 20
“Sapagkat nasusulat sa Aklat ng Mga Awit, 'Hayaan ninyong
walang manirahan sa kaniyang bukirin, at huwag ninyong
hayaan ang kahit na isang tao na manirahan doon'; at
'Hayaang may isang tao na kumuha sa kanyang posisyon
ng pamumuno.' 21 Ito ay kinakailangan, samakatuwid, na
isa sa mga kalalakihang nakasama natin sa lahat ng oras
nang ang Panginoong Jesus ay kasa-kasama pa natin, 22
simula sa pagbautismo ni Juan hanggang sa araw na kunin
siya sa atin, dapat ay isa siyang saksing kasama natin sa
kaniyang muling pagkabuhay.” 23 Naglapit sila sa harapan
ng dalawang kalalakihan, si Jose na tinatawag na Barsabas,
na pinangalanan ring Justo, at si Matias. 24 Nanalangin sila
at sinabi, “Ikaw, Panginoon, ang nakakaalam ng puso ng
lahat ng tao, kaya ipahayag mo kung sino sa dalawang ito
ang iyong pinili 25 upang pumalit sa gawaing ito at sa pagka-
apostol mula nang si Judas ay lumabag upang magtungo sa
kaniyang sariling lugar." 26 Sila ay nagpalabunutan para sa
kanila; at napunta kay Matias ang palabunutan at siya ang
ibinilang na kasama ng labing-isang apostol.

2 Nang sumapit ang araw ng Pentecostes, lahat sila ay
sama-sama sa iisang lugar. 2 Bigla na lamang may tunog
mula sa langit na tila humahagibis na hangin, at napuno
nito ang buong bahay kung saan sila nakaupo. 3 Doon ay
nagpakita sa kanila ang tulad ng dilang apoy na napamahagi
at dumapo sa bawat isa sa kanila. 4 Napuspos silang lahat ng
Banal na Espiritu at nagsimula silang magsalita sa iba't ibang
wika ayon sa ipinagkaloob ng Espiritu sa kanila na sabihin.
5 Ngayon may mga Judiong naninirahan sa Jerusalem, mga
maka-diyos na tao, galing sa bawat bansa sa ilalim ng langit.
6 Nang marinig ang tunog na ito, nagpuntahan ang maraming
tao at nalito sapagkat narinig nang lahat na nagsasalita
sila sa kanilang sariling wika. 7 Nagtaka sila at labis na
namangha; sinabi nila, “Totoo ba, hindi ba at ang lahat ng
mga nagsasalitang ito ay mga taga-Galilea? 8 Bakit kaya
naririnig natin sila, bawat isa sa ating sariling wika na ating
kinalakihan? 9 Mga taga- Partia, taga-Media at mga taga-
Elam, at sa mga naninirahan sa Mesopotamia, sa Judea at
Capadocia, sa Ponto at sa Asya, 10 sa Frigia at Panfilia,
sa Egipto at sa bahagi ng Libya na malapit sa Cirene at
mga panauhin mula sa Roma, 11 Mga Judio at mga taong
nagbago ng paniniwala, at mga taga-Creta at mga taga-

Arabia, naririnig namin sila na nagsasabi ayon sa ating mga
wika tungkol sa mga kamangha- manghang gawa ng Diyos."
12 Nagtaka silang lahat at naguluhan; at sinabi nila sa isa't-
isa, "Ano ang ibig sabihin nito?" 13 Ngunit nangutya ang iba
at sinabi, "Lasing na lasing sila ng bagong alak." 14 Ngunit
tumayo si Pedro kasama ang labing isa, tinaasan niya ang
kaniyang boses, at sinabi sa kanila, "Mga tao ng Judea at
kayong lahat na naninirahan sa Jerusalem, dapat ninyo itong
malaman; pakinggan ninyong mabuti ang aking sasabihin.
15 Sapagkat ang mga taong ito ay hindi lasing gaya ng
inyong inaakala, sapagkat pangatlong oras pa lamang
nang araw. 16 Ngunit ito ang sinabi sa pamamamagitan
ni propeta Joel: 17 'Mangyayari ito sa mga huling araw,'
sinabi ng Diyos, 'Ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat
ng tao. Magpapahayag ang inyong mga anak na lalaki at
mga babae, makakakita ng mga pangitain ang inyong mga
kabataang lalaki, at magkakaroon ng mga panaginip ang
inyong mga matatandang lalaki. 18 Gayundin sa aking mga
lingkod at sa aking mga lingkod na babae ibubuhos ko ang
aking Espiritu sa araw na iyon, at sila ay magpapahayag. 19
Magpapakita ako ng mga kamangha-manghang bagay mula
sa langit at mga tanda dito sa lupa, dugo, apoy, at singaw ng
usok. 20 Magiging madilim ang araw at magiging dugo ang
buwan, bago dumating ang dakila at hindi pangkaraniwang
araw ng Panginoon. 21 Iyon ay ang pagkakaligtas ng bawat
isa na tatawag sa pangalan ng Panginoon.' 22 Mga taga-
Israel, pakinggan ninyo ang mga salitang ito: Si Jesus ng
Nazaret, ang lalaking pinatunayan ng Diyos sa inyo sa
pamamagitan ng mga makapangyarihang gawa at mga
kamangha- manghang bagay at mga palatandaang ginawa
ng Diyos sa pamamagitan niya, sa inyong kalagitnaan,
katulad ng inyong nalalaman- 23 dahil sa nakatakdang plano
at kaalaman ng Diyos mula sa simula pa siya ay isinuko
ninyo sa mga kamay ng taong lumalabag sa batas, ipinako
siya sa krus at pinatay; 24 binuhay ng Diyos, inalis ang mga
sakit at kamatayan sa kaniya, sapagakat hindi siya maaaring
pigilan nito. 25 Sapagkat sinasabi ni David tungkol sa kaniya,
'Nakita kong lagi ang Panginoon sa aking harapan, sapagkat
siya ay nasa aking kanang kamay upang hindi ako matinag.
26 Samakatuwid, natuwa ang aking puso at nagalak ang
aking dila. Maging ang aking laman ay mamumuhay nang
may pananalig. 27 Sapagkat hindi mo pababayaan ang aking
kaluluwa na mapunta sa hades, o papayagan ang iyong Nag-
iisang Banal na makitang mabulok. **(Hadēs g86)** 28 Ipinahayag
mo sa akin ang mga daan ng buhay; pupunuin mo ako ng
kagalakan sa iyong harapan.' 29 Mga kapatid, kaya kong
magsalita sa inyo ng may katiyakan tungkol sa patriarkang
si David: namatay siya at inilibing, at ang kaniyang libingan
ay nasa atin hanggang sa ngayon. 30 Kaya naman, siya
ay isang propeta at alam niya na may sinumpaang panata
ang Diyos sa kaniya, na itinalaga niya sa kaniyang kaapu-
apuhan ang maupo sa kaniyang trono. 31 Nahulaan niya
na ito at nagsalita tungkol sa pagkabuhay ni Cristo, Na
hindi siya pinabayaan doon sa hades, o ang kanyang laman
ay makitang mabulok.' **(Hadēs g86)** 32 Ang Jesus na ito ay
binuhay ng Diyos kung saan saksi kaming lahat. 33 Kaya
naman pinarangalan siya sa kanang kamay ng Diyos at
tinanggap ang pangako ng Banal na Espiritu mula sa Ama,
ibinuhos niya ito, na inyong nakikita at naririnig. 34 Sapagkat
si David ay hindi pumaitaas sa langit, ngunit sinabi niya,
'Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon, "Umupo ka sa
aking kanang kamay, 35 hanggang sa gawin kong maging
tuntungan ng iyong mga paa ang iyong mga kaaway." 36
Kaya naman siguraduhing ipaalam sa lahat ng tahanan sa
Israel na ginawa siya ng Diyos na parehong Panginoon
at Cristo, ang Jesus na ito na ipinako ninyo sa krus." 37
Nang marinig nila ito, nadurog ang kanilang puso, at sinabi
kay Pedro at sa iba pang mga apostol, "Mga kapatid, ano
ba ang dapat naming gawin?" 38 At sinabi ni Pedro sa
kanila, "Magsisi at magpabautismo, ang bawat isa sa inyo
sa pangalan ni Jesu-Cristo para sa kapatawaran ng inyong
mga kasalanan, at inyong tatanggapin ang kaloob ng Banal
na Espiritu. 39 Sapagkat sa inyo ang pangako at sa inyong
mga anak at sa lahat ng mga nasa malayo, at sa mga tao na
tatawagin ng ating Panginoong Diyos." 40 Pinatotohanan at
hinimok niya sila sa pamamagitan ng maraming mga salita;
sinabi niya," Iligtas ninyo ang inyong mga sarili mula sa
mga masasamang salin-lahing ito. 41 Pagkatapos tinanggap
nila ang kaniyang salita at nabautismuhan, at ng araw
na iyon may mga naidagdag na aabot sa tatlong libong
mga kaluluwa. 42 Nagpatuloy sila sa mga katuruan ng
mga apostol at pagsasama-sama, sa pagpipira-piraso ng
tinapay at sa pananalangin. 43 Dumating ang takot sa
bawat kaluluwa, at maraming mga kamangha- manghang
bagay at mga tanda ang nagawa ng mga apostol. 44 Ang
lahat ng nanampalataya ay nagsama-sama at ibinahagi ang
kanilang mga ari-arian, 45 at ipinagbili nila ang kanilang mga
pag-aari at mga ari-arian at ipinamahagi sa lahat, ayon sa
pangangailangan ng bawat-isa. 46 Nagpatuloy sila sa bawat
araw na may iisang layunin sa templo, at nagpira-piraso sila
ng tinapay sa kanilang mga tahanan, at namamahagi ng
pagkain na may kagalakan at kapakumbabaan ng puso. 47
Nagpupuri sila sa Diyos at kinalugdan sila ng lahat ng mga
tao. Dinagdag sa kanila ng Panginoon araw-araw ang mga
naliligtas.

**3** Ngayon papunta sina Pedro at Juan sa templo sa oras ng
pananalangin, alas tres ng hapon. 2 May isang lalaking
pilay mula pa nang isinilang ang dinadala doon araw-araw at

ipinapahiga sa harapan ng templo na tinawag na Pintuang
Maganda, upang mamalimos sa mga taong pumupunta
sa templo. 3 Nang makita niya sina Pedro at Juan na
papasok sa templo, humingi siya ng limos. 4 Tinitigan siya
ni Pedro, kasama si Juan na nagsabi, "Tumingin ka sa
amin." 5 Tumingin sa kanila ang lalaking pilay, na umaasang
makatatangap ng anuman mula sa kanila. 6 Ngunit sinabi ni
Pedro, "Wala akong pilak at ginto, ngunit ibibigay ko sa iyo
kung ano ang mayroon ako. Sa pangalan ni Jesu-Cristo na
taga-Nazaret, lumakad ka." 7 Hinawakan siya ni Pedro sa
kanang kamay, at itinayo: kaagad na lumakas ang kaniyang
mga paa at ang mga buto sa kaniyang bukung-bukong. 8
Paluksong tumayo ang lalaki at nagsimulang maglakad,
pumasok siya na kasama sina Pedro at Juan sa templo,
lumalakad, lumulundag, at nagpupuri sa Diyos. 9 Nakita siya
ng lahat ng mga tao na naglalakad at nagpupuri sa Diyos.
10 Nakilala nila na ito ang lalaking nakaupo at tumatanggap
ng limos sa may Magandang Pintuan ng templo, at labis
silang nagtaka at namangha dahil sa nangyari sa kaniya. 11
Habang nakahawak siya kina Pedro at Juan, tumakbong
magkakasama papunta sa kanila ang lahat ng mga tao sa
tinatawag na portiko ni Solomon, na labis na nagtataka. 12
Nang makita ito ni Pedro, sumagot siya sa mga tao, "Kayong
mga Israelita, bakit kayo nagtataka? Bakit kayo nakatitig sa
amin, na parang kami ang nakapagpalakad sa kaniya sa
pamamagitan ng aming sariling kapangyarihan o pagiging
makadiyos? 13 Ang Diyos ni Abraham, Isaac, at ni Jacob.
Ang Diyos ng ating mga ninuno ay niluwalhati ang kaniyang
lingkod na si Jesus. Siya na inyong dinala at itinakwil sa
harapan ni Pilato, nang ipinasya niyang palayain siya. 14
Inyong itinakwil Ang Banal at Ang Matuwid, at sa halip
hiniling ninyo na mapalaya ang isang mamamatay tao para
sa inyo. 15 Pinatay ninyo ang Prinsipe ng buhay, na binuhay
ng Diyos mula sa mga patay -at kami ang mga saksi ng mga
ito. 16 Ngayon, sa pamamagitan ng pananampalataya sa
kaniyang pangalan, pinalakas ang lalaking ito na inyong
nakita at nakikilala. Ang pananampalataya sa pamamagitan
ni Jesus ang nagbigay sa kaniya ng lubos na kagalingan, sa
harapan ninyong lahat. 17 Ngayon, mga kapatid, alam ko na
gumawa kayo ng kamangmangan, kagaya ng ginawa ng
inyong mga pinuno. 18 Ngunit ang mga bagay na siyang
ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng bibig ng lahat ng
mga propeta, na kinakailangang maghirap ang kaniyang
Cristo ay tinupad niya na ngayon. 19 Kaya nga magsisi
kayo at magbalik loob, upang mapawi ang inyong mga
kasalanan, nang sa gayon mayroong dumating na panahon
ng pagpapanibagong-lakas sa presensya ng Panginoon; 20
at kaniyang isusugo si Jesus, ang hinirang na Cristo para sa
inyo. 21 Ang Nag-iisa, na kinakailangan tanggapin sa langit,
hanggang sa panahon ng pagbabago ng lahat ng bagay,
tungkol sa mga sinabi ng Diyos noon sa pamamagitan ng
bibig ng kaniyang mga banal na propeta. **(aiōn g165)** 22 Sa
katunayan sinabi ni Moises, 'Ang Panginoong Diyos ay
magbabangon ng propeta tulad ko mula sa inyong mga
kapatid. Makikinig kayo sa lahat ng kaniyang sasabihin sa
inyo. 23 Mangyayari na ang lahat ng tao na hindi makikinig
sa propetang ito ay tiyak na malilipol mula sa mga tao.' 24
Oo, at lahat ng mga propeta na mula kay Samuel at mga
sumunod pagkatapos niya, nagsalita sila at nagpahayag sa
mga araw na ito. 25 Kayo ang mga anak ng mga propeta
at ng kasunduan na ginawa ng Diyos kasama ng inyong
mga ninuno, katulad ng sinabi niya kay Abraham, 'Sa iyong
binhi pagpapalain ko ang lahat ng mga sambahayan sa
buong mundo.' 26 Pagkatapos itaas ng Diyos ang kaniyang
lingkod, isinugo siyang una sa inyo upang pagpalain kayo sa
pamamagitan ng pagtalikod ng bawat isa mula sa inyong
mga kasamaan."

**4** Habang nakikipag-usap sina Pedro at Juan sa mga
tao, lumapit sa kanila ang mga pari at ang kapitan
ng templo at maging ang mga Saduseo. 2 Nabalisa sila
ng labis dahil nagtuturo sa mga tao sina Pedro at Juan
tungkol kay Jesus at ipinapahayag ang kaniyang muling
pagkabuhay mula sa mga patay. 3 Sila ay dinakip nila at
inilagay sa kulungan hanggang sa kinabukasan, sapagkat
gabi na noon. 4 Ngunit marami sa mga tao na nakarinig sa
mensahe ang nanampalataya; at ang bilang ng mga lalaking
nanampalataya ay nasa limanglibo. 5 nang sumunod na
araw, ang kanilang mga tagapamuno, mga nakatatanda, at
mga eskriba ay nagtipon-tipon sa Jerusalem. 6 Naroon si
Anas, ang pinakapunong pari, at si Caifas, at si Juan, at si
Alejandro, at lahat ng mga kamag-anak ng pinakapunong
pari. 7 Nang mailagay nila sina Pedro at Juan sa kanilang
kalagitnaan, tinanong nila sila, "Sa anong kapangyarihan, o
sa anong pangalan, nagagawa ninyo ito?" 8 At si Pedro, na
napuspos ng Banal na Espiritu ay nagsabi, "Kayong mga
pinuno ng mga tao at mga nakatatanda, 9 kung sinisiyasat
kami sa araw na ito tungkol sa kabutihang ginawa sa isang
lalaking may karamdaman- sa anong paraan napagaling ang
lalaking ito? 10 Malaman nawa ninyong lahat, at ng lahat ng
mga taga-Israel, na sa pangalan ni Jesu-Cristo na taga-
Nazaret, na inyong ipinako sa krus, na muling binuhay ng
Diyos mula sa mga patay- sa pamamagitan niya kaya ang
lalaking ito ay nakatayo na malusog sa inyong harapan.
11 Si Jesu-Cristo ang bato na itinakwil ninyo, bilang mga
tagapagtayo, ngunit siya pa rin ang ginawang pangunahing
batong panulukan. 12 Walang kaligtasan sa sinumang tao:
sapagkat wala ng iba pang pangalan sa silong ng langit, na
ibinigay sa mga tao, kung saan tayo maliligtas." 13 Nang

makita nila ang katapangan ni Pedro at Juan, at nabatid nila
na sila ay pangkaraniwan lang, mga taong walang pinag-
aralan, nagulat sila, at nalaman nilang sina Pedro at Juan
ay nakasama ni Jesus. **14** Dahil nakita nila ang lalaking
gumaling na nakatayong kasama nila, wala silang masabi
laban dito. **15** Ngunit pagkatapos nilang utusan ang mga
apostol na iwan ang pagpupulong ng konseho, nag-usap-
usap sila. **16** Sinabi nila, "Ano ang gagawin natin sa mga
lalaking ito?" Dahil ang katotohanan na may kakaibang
himalang nagawa sa pamamagitan nila ay nalaman ng
lahat ng mga naninirahan sa Jerusalem at hindi natin ito
maipagkakaila. **17** Ngunit upang hindi ito kumalat pa sa
mga tao, bigyan natin sila ng babala na huwag magsasalita
kaninuman sa pangalang ito." **18** Tinawag nila sina Pedro at
Juan na pumasok at inutusan sila na huwag magsasalita
o magtuturo kailan man sa pangalan ni Jesus. **19** Ngunit
sumagot sina Pedro at Juan at sinabi sa kanila, "Kung tama
sa paningin ng Diyos na sundin kayo sa halip na siya,
kayo na ang humatol. **20** Dahil hindi namin kayang hindi
magsalita tungkol sa mga bagay na aming nakita at narinig."
**21** Pagkatapos muling balaan sina Pedro at Juan, pinayagan
na nila silang umalis. Hindi sila makahanap ng anumang
dahilan upang sila ay parusahan, sapagka't ang lahat ng
mga tao ay nagpupuri sa Diyos dahil sa nangyari. **22** Ang
lalaking nakaranas ng himalang ito ng kagalingan ay higit na
apatnapung taong gulang. **23** Pagkatapos nilang mapalaya,
pumunta sina Pedro at Juan sa kanilang mga kasamahan
at ibinalita ang lahat ng sinabi sa kanila ng mga punong
pari at mga nakatatanda. **24** Nang marinig nila ito, sama-
sama nilang nilakasan ang kanilang mga boses sa Diyos
at sinabi, "Panginoon, ikaw na siyang may gawa ng langit
at lupa, at ng dagat, at ng lahat ng naroon, **25** ikaw na
sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, sa pamamagitan
ng bibig ng aming amang si David na iyong lingkod, ay
nagsabi, 'Bakit nagngangalit ang mga bansang Gentil at ang
mga tao ay nag-iisip ng mga walang kabuluhang bagay?
**26** Naghanda ang mga hari sa mundo, at sama-samang
nagtipon ang mga tagapamuno laban sa Panginoon, at laban
kay Cristo. **27** Totoong kapwa sina Herod at Poncio Pilato,
kasama ang mga Gentil at ang mga Israelita ay nagtipon-
tipon sa lungsod na ito laban sa inyong banal na lingkod
na si Jesus, na inyong pinili. **28** Nagtipon-tipon sila upang
isagawa ang lahat na napagpasyahan ng inyong kamay
at ng inyong kagustuhan na mangyari noon pang una. **29**
Ngayon, Panginoon, tingnan mo ang kanilang mga babala
at ipagkaloob mo sa iyong mga lingkod na maipahayag
ang iyong salita na may katapangan. **30** Sa gayon habang
iniuunat mo ang iyong kamay para magpagaling, ang mga
palatandaan at himala ay mangyayari sa pamamagitan
ng pangalan ng iyong banal na lingkod na si Jesus." **31**
Nang matapos silang manalangin, ang lugar kung saan sila
nagtipon-tipon ay nayanig, at silang lahat ay napuspos ng
Banal na Espiritu, at ipinahayag nila ng may katapangan
ang salita ng Diyos. **32** May iisang puso at kaluluwa ang
maraming bilang ng mga nanampalataya: at wala ni isa man
sa kanila ang nagsabi na anuman ang mayroon siya ay
tunay na kaniya; sa halip, para sa kanilang lahat ang lahat
ng bagay. **33** Ipinapahayag ng mga apostol ang kanilang
patotoo tungkol sa muling pagkabuhay ng Panginoong
Jesus ng may dakilang kapangyarihan, at labis na biyaya ay
napa-sa kanilang lahat. **34** Wala ni isa man sa kanila ang
kinukulang sa anumang bagay, dahil ang lahat ng mga nag
mamay-ari ng titulo ng mga lupa o mga bahay ay ibinenta
ang mga ito at dinala ang pera ng mga napagbentahan
**35** at inilagay sa paanan ng mga apostol. At nangyari ang
mga pagbaha-bahagi sa bawat mananampalataya, ayon
sa kani-kanilang pangangailangan. **36** Si Jose, na Levita,
isang lalaking taga-Cyprus, ay binigyan ng pangalan ng
mga apostol na Barnabas (na ang ibig sabihin ay anak ng
pagpapalakas-loob). **37** Dahil mayroon siyang bukid, ibinenta
niya ito at dinala ang pera at inilagay ito sa paanan ng mga
apostol.

**5** Ngayon, may isang lalaki na ang pangalan ay Ananias,
kasama ang kaniyang asawa na si Safira, ang nagbenta
ng bahagi ng kanilang ari-arian, **2** at kaniyang itinago ang
bahagi ng napagbilhang pera (alam din ito ng kaniyang
asawang babae), at idinala ang ibang bahagi nito at inilagay
sa paanan ng mga apostol. **3** Ngunit sinabi ni Pedro,
"Ananias, bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso upang
magsinungaling sa Banal na Espiritu upang itago ang bahagi
ng napagbilhan ng iyong lupa? **4** Habang hindi pa ito
nabebenta, hindi ba nanatili itong sa iyo? At matapos itong
maipagbili, hindi ba't nasa iyo parin ang pamamahala?
Paano mong naisip ang mga bagay na ito sa iyong puso?
Hindi ka sa tao nagsinungaling, kundi sa Diyos." **5** Habang
pinakikinggan ang mga salitang ito, si Ananias ay nabuwal
at nawalan ng hininga. At matinding takot ang dumating sa
lahat ng nakarinig nito. **6** Ang mga binata ay lumapit sa harap
at binalot siya, binuhat siya palabas at inilibing. **7** Makalipas
ang halos tatlong oras, pumasok ang kaniyang asawa, na
alam kung ano ang nangyari. **8** Sinabi ni Pedro sa kaniya,
"Sabihin mo sa akin kung naibenta ang lupa sa ganoong
halaga." Sinabi niya, "Oo, sa ganoong halaga." **9** Pagkatapos
sinabi ni Pedro sa kaniya, "Paanong nagkasundo kayong
dalawa para subukin ang Espiritu ng Panginoon? Tignan
mo, ang mga paa ng mga naglibing sa iyong asawa ay nasa
pintuan, at dadalhin ka nilang palabas." **10** Agad siyang
nabuwal sa kaniyang paanan, at nawalan ng hininga, at ang

mga binata ay pumasok at natagpuan siyang patay; binuhat
nila siya palabas at inilibing sa tabi ng kaniyang asawa. 11
Matinding takot ang dumating sa buong iglesiya, at sa lahat
ng mga nakarinig nang bagay na ito. 12 Maraming mga
tanda at mga kababalaghan ang naipamalita sa mga tao sa
pamamagitan ng mga kamay ng mga apostol. Nagkakatipon
silang lagi sa portiko ni Solomon. 13 Ngunit walang sinuman
ang may lakas ng loob na sumali sa kanila; gayunpaman,
sila ay patuloy na pinahalagahan ng mga tao. 14 Marami
pang mga mananampalataya ang naidagdag sa Panginoon,
maraming mga lalaki at mga babae, 15 kaya dinadala nila
maging ang mga may sakit sa daanan at ipinapahiga sa
mga higaan at sa hiligan, upang sa pagdating ni Pedro baka
sakaling tumama sa ilan sa kanila ang kaniyang anino. 16
Mayroon ding maraming bilang ng mga tao ang dumating
mula sa mga bayan sa palibot ng Jerusalem, dinadala ang
mga may sakit at mga pinapahirapan ng maruming mga
espiritu, at silang lahat ay gumaling. 17 Ngunit tumayo ang
pinakapunong pari, at ang lahat ng kaniyang mga kasama
(na sekta ng mga Saduceo) at sila ay napuno ng inggit 18 at
dinakip nila ang mga apostol, at inilagay sila sa pampublikong
bilangguan. 19 Ngunit kinagabihan binuksan ng anghel ng
Panginoon ang mga pintuan ng bilangguan at ginabayan
sila palabas, at sinabi, 20 "Pumunta kayo sa templo tumayo
at magsalita sa mga tao lahat ng mga salita ng Buhay na
ito." 21 Nang marinig nila ito, pumasok sila sa templo ng
magbubukang-liwayway at nagturo. Ngunit dumating ang
pinaka punongpari, at lahat ng kasama niya, at tinawag
ang buong konseho, lahat ng mga matatanda ng Israel, at
pinapunta sila sa bilangguan upang kunin ang mga apostol.
22 Ngunit hindi sila nakita sa bilangguan ng mga pumuntang
opisyal, at bumalik sila at ibinalita, 23 "Natagpuan namin na
maingat na nakasarado ang bilangguan at ang mga bantay
ay nakatayo sa pintuan, ngunit nang aming buksan ay wala
kaming nakita." 24 Ngayon nang narining ng kapitan ng
templo at ng mga punong pari ang mga salitang ito, sila
ay labis na naguluhan ukol sa kanila ayon sa kung ano
ang kalalabasan nito. 25 Pagkatapos may isang dumating
at sinabi sa kanila, "Ang mga lalaki na inyong inilagay sa
bilangguan ay nakatayo sa templo at nagtuturo sa mga tao."
26 Kaya't nagtungo ang kapitan kasama ang mga opisyal,
ibinalik sila, ngunit walang karahasan, dahil natakot sila
na baka batuhin sila ng mga tao. 27 Nang dalhin nila sila,
iniharap sila sa konseho. Nagtanong ang pinaka-punong
pari sa kanila, 28 nagsasabing, "Hindi ba't mahigpit namin
kayong pinangbilinan na huwag magturo sa pangalang ito,
gayon pa man, pinuno ninyo ang Jerusalem ng inyong
katuruan, at ninais ninyong dalhin sa amin ang dugo ng
taong ito." 29 Ngunit sumagot si Pedro at ang mga apostol,
"Kinakailangang sundin namin ang Diyos ng higit kaysa sa
mga tao. 30 Ang Diyos ng aming mga ama ang bumuhay
kay Jesus, na inyong pinatay sa pamamagitan ng pagbitin
sa kaniya sa puno. 31 Tinaas siya ng Diyos sa kaniyang
kanang kamay upang maging prinsipe at tagapagligtas,
upang magbigay ng pagsisisi sa Israel at kapatawaran
sa mga kasalanan. 32 Mga saksi kami ng mga bagay
na ito, at gayundin ang Banal na Espiritu, na ibinigay ng
Diyos sa mga susunod sa kaniya." 33 Nang marinig ito
ng mga kasapi ng konseho, galit na galit sila at ninais na
patayin ang mga apostol. 34 Ngunit ang isang Pariseo na
nagngangalang Gamaliel na isang tagapagturo ng kautusan
at iginagalang ng lahat ng tao, ay tumayo at iniutos na
sandaling ilabas ang mga apostol. 35 At sinabi niya sa
kanila, "Mga tao ng Israel pagtuunan ninyong mabuti ng
pansin ang panukala na inyong ginagawa sa mga taong ito.
36 Hindi pa nagtatagal ng lumitaw si Teudas na inaangking
siya ay kilalang tao, at maraming tao, mga apat na raan ang
sumali sa kaniya. Pinatay siya, at lahat ng sumusunod sa
kaniya ay nagkalat at walang nangyari. 37 Pagkatapos ng
lalaking ito, lumitaw si Judas ng Galilea sa mga araw ng
pagpapatala at nakahikayat siya ng ilang tao na susunod sa
kaniya. Nasawi rin siya, at kumalat lahat ng sumusunod
sa kaniya. 38 Ngayon sinasabi ko sa inyo, "Lumayo kayo
sa mga taong ito at hayaan sila, dahil kung sa tao ang
plano o gawaing ito ito ay babagsak. 39 Ngunit kung ito
ay sa Diyos hindi ninyo sila maaring pabagsakin; lalabas
pang kayo ay lumalaban sa Diyos." Kaya nahikayat sila.
40 Pagkatapos pinapasok nila ang mga apostol at sila ay
binugbog at inutusang huwag nang magsalita sa pangalan ni
Jesus at hinayaan silang umalis. 41 Iniwan nila ang konseho
na nagagalak na sila ay napabilang na karapat-dapat na
makaranas ng kasiraang-puri para sa kaniyang Pangalan. 42
Pagkatapos noon araw-araw sa templo at sa bawat bahay,
sila ay patuloy na nagtuturo at ipinapangaral si Jesus bilang
Cristo.

6 Ngayon sa mga araw na ito, nang ang bilang ng mga
alagad ay dumarami, nagsimula ang reklamo mula sa
mga Helenista laban sa mga Hebreo, sa dahilan na ang
kanilang mga babaing balo ay napapabayaan sa araw-araw
na pamamahagi ng pagkain. 2 Tinawag ng labing dalawang
apostol ang marami sa kanilang mga alagad at sinabi, "Hindi
nararapat para sa amin na pabayaan ang salita ng Diyos
upang maglingkod sa mga hapag. 3 Mga kapatid, nararapat
na pumili kayo ng pitong mga lalaki na mula sa inyo, mga
lalaking may mabubuting pagkatao, puspos ng Espiritu at
karunungan, na maaari naming ilagay sa trabahong ito. 4
Ngunit kami ay palaging magpapatuloy sa pananalangin at
sa ministeryo ng salita." 5 Nalugod ang lahat ng maraming

tao sa kanilang pananalita, kaya pinili nila si Esteban ang
lalaking puno ng pananampalataya at ng banal na Espiritu,
at si Felipe, si Procorus, si Nicanor, si Timon, si Parmenas,
at Nicolas, ang nahikayat na magbago ng paniniwala mula
sa Antioquia. **6** Dinala ng mga mananampalataya ang
mga kalalakihang ito sa harap ng mga apostol, ang mga
nanalangin at nagpatong ng kamay sa kanila. **7** Kaya't
lumaganap ang salita ng Diyos, at lubhang dumami ang
bilang ng mga alagad sa Jerusalem; at naging masunurin
sa pananampalataya ang malaking bilang ng mga pari. **8**
Ngayon si Esteban, na puspos ng biyaya at kapangyarihan,
ay gumagawa ng mga kamanghamanghang bagay at mga
palatandaan sa gitna ng mga tao. **9** Ngunit may ilang mga tao
na kabilang sa sinagoga na tinawag na ang sinagoga ng mga
Taong Pinalaya, ng mga Cireneo, at ng mga Alejandrino, at
ilang mga taga Cilicia, at taga Asya. Nakikipagtalo ang mga
taong ito kay Esteban. **10** Ngunit hindi nila kayang sumagot
laban sa karunungan at sa Espiritu kung paano nagsalita
si Esteban. **11** Pagkatapos palihim nilang hinikayat ang
ilang mga lalaki upang sabihin, "Narinig naming nagsalita si
Esteban ng mga salitang paglapastangan laban kay Moises
at laban sa Diyos." **12** Inudyukan nila ang mga tao, ang mga
matatanda, at ang mga eskriba, at hinarap nila si Esteban,
sinunggaban siya, at dinala sa konseho. **13** Nagdala sila
ng mga bulaang saksi, na nagsabi, “Hindi tumitigil ang
lalaking ito sa pagbigkas sa mga salitang laban sa banal na
dakong ito at sa kautusan. **14** Sapagkat narinig namin siya
na nagsasabing sisirain ni Jesus ng Nazaret ang lugar na ito
at papalitan ang kaugalian na ipinasa sa atin ni Moises." **15**
Ang lahat ng nakaupo sa konseho ay nakatutok ang kanilang
mga mata sa kaniya at nakita nilang ang kaniyang mukha ay
katulad ng sa mukha ng anghel.

**7** Sinabi ng pinaka-punong pari, “Totoo ba ang mga bagay
na ito?" **2** Sinabi ni Esteban, "Mga kapatid at mga
ama, makinig kayo sa akin: Ang Diyos ng kaluwalhatian
ay nagpakita sa ating ama na si Abraham noong siya
ay nasa Mesopotamia, bago siya nanirahan sa Haran;
**3** sinabi niya sa kaniya, 'Iwan mo ang iyong lupain at
ang iyong mga kamag-anak at pumunta ka sa lupain
na ipapakita ko sa iyo.' **4** Pagkatapos iniwan niya ang
lugar ng mga Caldeo at nanirahan sa Haran; mula doon,
matapos mamatay ang kaniyang ama, dinala siya ng Diyos
sa lupain na ito, kung saan kayo naninirahan ngayon. **5**
Wala siyang ibinigay na anuman dito bilang pamana sa
kaniya, wala, kahit na sapat man lang na paglagyan ng
paa. Ngunit siya ay nangako—kahit na wala pang Anak
si Abraham—na kaniyang ibibigay ang lupain bilang pag-
aari para sa kaniya at sa kaniyang magiging kaapu-apuhan
na susunod sa kaniya. **6** Nakikipag-usap sa kaniya ang
Diyos ng katulad nito, na ang kaniyang kaapu-apuhan ay
panandaliang maninirahan sa ibang lupain, at dadalhin sila
ng mga naninirahan doon sa pagkaalipin at pakikitunguhan
sila ng masama ng apatnaraang taon. **7** At hahatulan ko ang
bansa kung saan sila ay magiging alipin,' sabi ng Diyos, 'at
pagkatapos lalabas sila at sasambahin ako sa lugar na ito.' **8**
At ibinigay niya kay Abraham ang tipan ng pagtututli. Kaya si
Abraham ang naging ama ni Isaac at tinuli siya sa ikawalong
araw; Si isaac ang naging ama ni Jacob, at si Jacob ang
naging ama ng labindalawang patriyarka. **9** Nainggit kay
Jose ang mga patriyarka kaya ibenenta nila siya sa Egipto,
at Sinamahan siya ng Diyos, **10** at iniligtas siya mula sa
lahat ng kaniyang mga pagdurusa, at pinagpala siya ng
Diyos ng karunungan sa harap ni Faraon, na hari ng Egipto.
Pagkatapos ginawa siya ng Faraon na gobernador ng Egipto
at ng kaniyang buong sambahayan. **11** Ngayon ay nagkaroon
ng taggutom sa buong lupain ng Egipto at Canaan, at labis
na pagdurusa: at walang natagpuang pagkain ang ating mga
ninuno. **12** Ngunit nang mabalitaan ni Jacob na mayroong
butil sa Egipto, ipinadala niya ang ating mga ninuno sa
unang pagkakataon. **13** Sa ikalawang pagkakataon, ipinakita
ni Jose ang kaniyang sarili sa kaniyang mga kapatid; at ang
sambahayan ni Jose ay nakilala ng Faraon. **14** Pinabalik ni
Jose ang kaniyang mga kapatid upang sabihin kay Jacob na
kaniyang ama na magtungo sa Egipto, kasama lahat ng
kanilang kamag-anak at pitumpu't limang tao silang lahat.
**15** Kaya bumaba si Jacob sa Egipto; pagkatapos namatay
siya, pati na rin ang ating mga ninuno. **16** Sila ay dinala
sa Siquem at inihimlay sa libingan na binili ni Abraham
sa halaga ng pilak mula sa mga anak ni Hamor na taga
Siquem. **17** Habang papalapit ang panahong ipinangako ng
Diyos kay Abraham, ang mga tao ay lumago at dumami
sa Egipto, **18** hanggang sa may tumayo na ibang hari sa
buong Egipto, isang hari na hindi alam ang tungkol kay
Jose. **19** Siya din ang hari na nanlinlang sa ating mga
kababayan at nagmalupit ng labis sa ating mga ninuno,
na kinailangan nilang itapon ang kanilang mga sanggol
upang makaligtas. **20** Isinilang si Moises ng panahong iyon;
siya ay napakaganda sa harapan ng Diyos at inalagaan ng
tatlong buwan sa bahay ng kaniyang ama. **21** Nang siya ay
itinapon, kinuha siya ng anak na babae ng Paraon at pinalaki
siya na kagaya ng kaniyang sariling anak. **22** Naturunan
si Moises sa lahat ng kaalaman ng mga taga Egipto, at
naging makapangyarihan siya sa kaniyang mga salita at
mga gawa. **23** Ngunit nang siya ay nasa apatnapung taon
na, pumasok sa kaniyang puso na bisitahin ang kaniyang
mga kapatid, ang mga anak ni Israel. **24** Nang makakita
siya ng Israelita na inaapi, ipinagtanggol siya ni Moises at
pinaghiganti sa pamamagitan ng paghampas sa Egipcio: **25**

Inakala niya na maiintindihan siya ng kaniyang mga kapatid
na inililigtas sila ng Diyos sa pamamagitan ng kaniyang
kamay. Ngunit hindi nila naintindihan. 26 Nang sumunod na
araw pumunta siya sa ilang mga Israelita habang sila ay
nag-aaway; sinubukan niyang pagkasunduin sila; sinabi niya,
'Mga Ginoo, kayo ay magkapatid; bakit kayo nag-aaway?' 27
Ngunit itinulak siya ng lalaking nanakit sa kaniyang kapatid at
sinabi, 'Sino ang naglagay sa iyo upang mamuno at humatol
sa amin? 28 Nais mo ba akong patayin katulad ng pagpatay
mo sa Egipcio kahapon?' 29 Tumakas si Moises matapos na
marinig ito, naging dayuhan siya sa lupain ng Madian, kung
saan siya ay naging ama ng dalawang anak na lalaki. 30
Nang makalipas ang apatnapung taon, nagpakita sa kaniya
ang anghel sa ilang ng bundok Sinai, sa ningas ng apoy na
nasa mababang punongkahoy. 31 Nang makita ni Moises
ang apoy, namangha siya sa kaniyang nakita; at habang
siya ay papalapit upang tingnan ito, doon ay dumating ang
tinig ng Panginoon, na nagsasabing, 32 'Ako ang Diyos
ng iyong mga ninuno, ang Diyos ni Abraham, ni Isaac, at
ni Jacob.' Nanginig si Moises at hindi naglakas loob na
tumingin. 33 Sinabi ng Panginoon sa kaniya, 'Alisin mo ang
iyong sandalyas, sapagkat ang lugar na iyong kinatatayuan
ay banal na dako. 34 Nakita kong tiyak ang pagdurusa ng
aking mga tao na nasa Egipto; Aking narinig ang kanilang
pagdaing, at bumaba ako upang sila ay iligtas, at ngayon
halika, isusugo kita sa Egipto.' 35 Itong Moises na kanilang
tinanggihan, nang kanilang sinabi, 'Sino ang naglagay sa iyo
na tagapamuno at tagahatol?'—siya ang sinugo sa atin ng
Diyos upang maging tagapamuno at tagapagligtas. Sinugo
siya ng Diyos sa pamamagitan ng kamay ng anghel na
nagpakita kay Moises sa mababang puno. 36 Ginabayan
sila ni Moises palabas ng Egipto, pagkatapos gumawa ng
mga himala at tanda sa Egipto at sa dagat na pula at sa
ilang sa loob ng apatnapung taon. 37 Ito rin ang Moises na
nagsabi sa mga tao ng Israel, 'Maghihirang ang Diyos ng
isang propeta para sa inyo mula sa inyong mga kapatid,
isang propeta na katulad ko.' 38 Ito ang lalaki na nasa
kapulungan sa ilang kasama ang anghel na nangusap sa
kaniya sa Bundok Sinai. Ito ang lalaking nakasama ng ating
mga ninuno; ito ang lalaki na siyang tumanggap ng mga
buhay na salita upang ibigay sa atin. 39 Ito ang lalaking
tinanggihang sundin ng ating mga ninuno; siya ay itinulak
nila palayo mula sa kanilang sarili, at sa kanilang mga
puso sila ay bumalik sa Egipto. 40 Sa mga panahong iyon
sinabi nila kay Aaron, 'Igawa mo kami ng mga diyos na
mangunguna sa amin. Sapagkat itong Moises na nanguna
sa amin palabas ng Egipto ay hindi na namin alam kung ano
ang nangyari sa kaniya.' 41 Kaya nang mga araw na iyon
sila ay gumawa ng guya at nagdala sila ng mga handog sa
mga diyus-diyosan, at nagalak dahil sa ginawa ng kanilang
mga kamay. 42 Ngunit ang Diyos ay tumalikod at isinuko sila
upang sumamba sa mga bituin sa langit, gaya ng nasusulat
sa aklat ng mga propeta, 'Nag-alay ba kayo sa akin ng
patay na hayop at ng mga handog sa ilang sa loob ng
apatnapung taon, sambahayan ng Israel? 43 Tinanggap
ninyo ang tabernakulo ni Molec at ang bituin ng diyos na si
Rephan, at ang mga imahe na inyong ginawa upang sila ay
sambahin. At dadalhin ko kayo palayo sa Babilonia.' 44 Ang
ating mga ninuno ay mayroong tabernakulo ng patotoo sa
ilang, tulad ng iniutos ng Diyos noong siya ay nagsalita kay
Moises, na kailangan niyang gawin ito na kagaya ng anyo
na nakita niya. 45 Ito ay ang tolda ng ating mga ninuno,
nang sila ay tumalikod ay dinala sa lupain kasama ni Josue.
Ito ay nangyari nang sila ay pumasok sa mga pag-aari ng
mga bansang itinaboy ng Diyos sa harapan ng ating mga
ninuno. Ito ay katulad nito hanggang sa mga araw ni David,
46 na nakatanggap ng biyaya sa paningin ng Diyos; hiniling
niyang makahanap ng lugar na pananahanan para sa Diyos
ni Jacob. 47 Ngunit nagtayo si Solomon ng bahay ng Diyos,
48 Gayunpaman, ang Kataas-taasan ay hindi naninirahan sa
mga bahay na gawa ng mga kamay; kagaya ito ng sinasabi
ng propeta, 49 'Ang langit ang aking trono at ang lupa ang
tungtungan para sa aking mga paa. Anong uri ng bahay
ang maaari ninyong itayo sa akin? Sabi ng Panginoon: o
saan ang lugar para sa aking kapahingahan? 50 Hindi ba't
ang aking kamay ang gumawa ng lahat ng mga bagay na
ito?' 51 Kayong mga tao, na mapagmatigas at hindi tuli sa
puso at mga tainga, lagi ninyong nilalabanan ang banal na
Espiritu; ginawa ninyo ang kagaya ng ginawa ng inyong mga
ninuno. 52 Sino sa mga propeta ang hindi inusig ng inyong
mga ninuno? Pinatay nila ang mga naunang propeta na
nagpahayag sa pagdating ng Matuwid; at kayo rin ngayon
ang mga nagkanulo at mga pumatay sa kaniya, 53 kayong
mga tao na tumanggap ng kautusan na itinatag ng mga
anghel, ngunit hindi ninyo ito iningatan." 54 Ngayon, nang
marinig ng mga kasapi ng konseho ang mga bagay na ito,
nasugatan sila sa kanilang mga puso, at ang kanilang mga
ngipin ay nagngalit kay Esteban. 55 Ngunit siya na puspos ng
Banal na Espiritu ay kusang tumingala sa langit at kaniyang
nakita ang kaluwalhatian ng Diyos; at nakita niya si Jesus na
nakatayo sa kanang kamay ng Diyos. 56 Sinabi ni Esteban,
"Tingnan ninyo, nakita ko na binuksan ang kalangitan, at
ang Anak ng Tao ay nakatayo sa kanang kamay ng Diyos."
57 Ngunit ang mga kasapi ng konseho ay sumigaw ng may
malakas na boses, at tinakpan ang kanilang mga tainga, at
sinunggaban siya, 58 itinapon siya nila sa labas ng lungsod
at siya ay binato: at inilatag ng mga saksi ang kanilang
balabal sa paanan ng binatang ang pangalan ay Saulo. 59

Habang binabato nila si Esteban, patuloy siyang tumatawag
sa Panginoon at sinasabing, "Panginoong Jesus, tanggapin
mo ang aking espiritu." 60 Lumuhod siya at tumawag ng
may malakas na boses, "Panginoon, huwag mong ipataw
ang kasalanang ito laban sa kanila." Nang matapos niyang
sabihin ito, siya ay nakatulog.

**8** Si Saulo ay may kinalaman sa kaniyang pagka matay.
Kaya nagsimula sa araw na iyon ang malaking pag-
uusig laban sa iglesia sa Jerusalem; at ang lahat ng mga
mananampalataya ay nagsikalat sa lahat ng rehiyon ng
Judea at Samaria, maliban sa mga apostol. 2 Mga lalaking
may takot sa Diyos ang naglibing kay Esteban at nagkaroon
ng matinding pagdadalamhati para sa kaniya. 3 Ngunit
pininsala ng matindi ni Saulo ang iglesia; pumupunta siya
sa bawat bahay upang kaladkarin ang mga lalaki at babae
at inilagay sila sa kulungan. 4 Gayon pa man, ang mga
mananampalataya na nagsikalat ay nagpatuloy na mangaral
ng salita ng Diyos. 5 Si Felipe ay pumunta pababa sa
lungsod ng Samaria at ipinahayag si Cristo sa kanila. 6
Nang mapakinggan at makita ng maraming tao ang mga
palatandaan na ginawa ni Felipe, nakinig sila ng mabuti
sa kaniyang sinabi. 7 Dahil ang karamihan sa kanila ay
nagtataglay ng maruruming espiritu habang sumisigaw ng
malakas; at gumaling ang maraming lumpo at mga paralitiko.
8 At nagkaroon ng malaking kagalakan sa lungsod. 9 Ngunit
mayroong isang lalaki sa lungsod na ang pangalan ay
Simon na gumagawa na noon pang una ng pangkukulam;
ginagamit niya ito upang mamangha ang mga tao sa Samaria
upang angkinin na siya ay mahalagang tao. 10 Binigyang
pansin siya ng lahat ng mga Samaritano, mula sa pinaka
mababa hanggang sa pinaka dakila, at kanilang sinabi. "Ang
taong ito ay ang kapangyarihan ng Diyos na tinatawag na
Dakila." 11 Nakinig sila sa kaniya dahil labis niya silang
pinamangha sa mahabang panahon sa pamamagitan ng
kaniyang pangkukulam. 12 Ngunit nang paniwalaan nila ang
ipinangaral ni Felipe tungkol sa ebanghelyo na tungkol sa
kaharian ng Diyos, at ang pangalan ni Jesu-Cristo, sila ay
nabautismuhan, kapwa mga lalaki at babae. 13 At si Simon
mismo ay naniwala: pagkatapos niyang mabautismuhan,
nagpatuloy siyang kasama ni Felipe; nang makita niya
ang mga tanda at mga makapangyarihang gawa, siya ay
namangha. 14 Ngayon nang marinig ng mga apostol sa
Jerusalem na ang mga taga-Samaria ay tinanggap ang
salita ng Diyos, sinugo nila sina Pedro at Juan. 15 Nang sila
ay dumating, nanalangin sila para sa kanila na tanggapin
ang Banal na Espiritu. 16 Sapagkat ng mga panahong
iyon hindi pa dumating ang Banal na Espiritu sa sinuman
sa kanila. Nabaustimuhan lamang sila sa pangalan ng
Panginoon. 17 Pagkatapos ipinatong nina Pedro at Juan
ang kanilang mga kamay sa kanila, at tinanggap nila ang
Banal na Espiritu. 18 Ngayon nang makita ni Simon na
naipagkaloob ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng
pagpatong ng mga kamay ng mga apostol sa kanila, inalok
niya sila ng pera. 19 Sinabi niya," Ibigay mo rin sa akin ang
kapangyarihang ito upang sinumang patungan ng aking mga
kamay ay tatanggap ng Banal na Espiritu." 20 Ngunit sinabi
ni Pedro sa kaniya, "Masawi ka sana kasama ng iyong pilak,
sapagkat iniisip mong makakamit mo ang kaloob ng Dios sa
pamamagitan ng pera. 21 Wala kang kabahagi o karapatan
sa bagay na ito, dahil ang iyong puso ay hindi tama sa
Diyos. 22 Samakatuwid magsisi ka sa iyong mga kasamaan,
at manalangin sa Panginoon, upang ikaw ay patawarin sa
kung ano ang iyong hinahangad. 23 Sapagakat nakikita
ko na ikaw ay nasa lason ng kapaitan at naka gapos sa
kasalanan." 24 Sumagot si Simon at sinabi, "Ipanalangin mo
ako sa Panginoon na hindi mangyari sa akin ang mga bagay
na iyong sinabi." 25 Nang si Pedro at Juan ay nagpatotoo
at nagpahayag ng salita ng Panginoon, sila ay bumalik sa
Jerusalem; habang nasa daan, nangaral sila ng ebanghelyo
sa maraming nayon ng mga Samaritano. 26 Ngayon ang
anghel ng Panginoon ay nangusap kay Felipe at sinabi,
"Tumayo ka at pumunta sa bahaging timog sa daang pababa
mula sa Jerusalem papuntang Gaza."( Ang daang ito ay nasa
disyerto). 27 Siya ay tumayo at umalis. May isang lalaking
mula Ethiopia, isang eunoko na may dakilang kapangyarihan
mula kay Candace, na reyna ng mga Etiope. Siya ang
namamahala sa lahat ng kaniyang kayamanan. Siya ay
pumunta sa Jerusalem upang sumamba. 28 Siya ay bumalik
at nakaupo sa kaniyang karwahe at nagbabasa ng aklat ni
propeta Isaias. 29 Sinabi ng Espiritu kay Felipe, "Umakyat
ka at sabayan mo ang karwahe." 30 Kaya patakbong lumapit
si Felipe, at narinig niyang binabasa ang aklat ni propeta
Isaias, at sinabi, "Naiintindihan mo ba ang iyong binabasa?"
31 Sumagot ang taga-Ethiopia, "Paano ko maiintindihan,
maliban kung may magtuturo sa akin?" Nakiusap siya kay
Felipe na umakyat sa karwahe at umupo sa tabi niya. 32 Ito
ang bahagi ng kasulatan na binabasa ng taga Ethopia, "Siya
ay tulad ng tupa na dinala sa bahay katayan; at tulad ng
isang kordero sa harap ng manggugupit na tahimik, hindi niya
binubuksan ang kaniyang bibig: 33 Sa kaniyang kahihiyan
kinuha sa kaniya ang katarungan: sino ang magpapahayag
sa kaniyang salinlahi? sapagkat ang kaniyang buhay ay
kinuha mula sa mundong ito." 34 Kaya nagtanongang
eunoko kay Felipe, at sinabi, "Nakikiusap ako sa iyo sino ang
tinutukoy ng propeta? ang kaniyang sarili ba mismo o ibang
tao?" 35 Nagsimulang magsalita si Felipe; Nagsimula siya
sa kasulatan ni Isaias upang ipangaral si Jesus sa kaniya.
36 Habang nagpapatuloy sila sa daan, napunta sila sa ilang

bahagi ng tubig; at sinabi ng eunoko, “Tingnan mo, may tubig
dito, ano pa ang puwedeng makahadlang sa akin upang ma
bautismuhan?” 37 Sinabi ni Felipe,” kung nananampalataya
ka ng buong puso, ikaw ay mag pabautismo. Ang taga
Ethopia ay sumagot,” Naniniwala ako na si Jesu-Cristo ay
Anak ng Diyos.” 38 Kaya inutusan ng taga Ethopia na tumigil
ang karwahe. Bumaba sila sa tubig, si Felipe at ang eunoko
at binautismuhan siya ni Felipe. 39 Nang umahon sila sa
tubig, kinuha ng Espiritu ng Panginoon si Felipe at hindi na
siya nakita ng eunuko; at siya ay umalis ng may kagalakan.
40 Ngunit si Felipe ay lumitaw sa Azoto. Siya ay dumaan
sa rehiyong iyon at ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng
lungsod, hanggang sa makarating siya sa Ceasaria.

**9** Subalit si Saulo na patuloy pa rin na nagsasalita ng mga
banta at pagpatay laban sa mga alagad ng Panginoon
ay nagtungo sa mga pinakapunong pari 2 at humingi sa
kaniya ng mga sulat para sa mga sinagoga sa Damasco,
upang kung may makita siyang sinumang kabilang sa Daan,
maging lalaki o babae, ay maari niyang dalhin na nakagapos
sa Jerusalem. 3 Habang siya ay naglalakbay, nangyari
nga na nang malapit na siya sa Damasco, biglang may
nagningning na liwanag mula sa langit sa buong paligid;
4 at siya ay natumba sa lupa at narinig niya ang isang
tinig na nagsasabi sa kanyang, “Saulo, Saulo, bakit mo
ako inuusig?” 5 Sumagot si Saulo, “Sino kayo Panginoon?
“Sumagot ang Panginoon, “Ako si Jesus na iyong inuusig; 6
ngunit bumangon ka, pumasok ka sa lungsod, at sasabihin
saiyo kung ano ang dapat mong gawin.” 7 Ang mga lalaking
kasama ni Saulo sa paglalakbay ay hindi nakapagsalita,
naririnig ang tinig, ngunit walang nakikita. 8 Tumayo si Saulo
sa lupa, at nang imulat niya ang kaniyang mga mata, wala
na siyang nakita kaya inakay siya at dinala sa Damasco. 9
Hindi siya nakakita sa loob ng tatlongaraw at hindi kumain ni
uminom. 10 Ngayon may isang alagad sa Damasco na ang
pangalan ay Ananias; at ang Panginoon ay nangusap sa
kaniya sa pamaamgitan ng isang pangitain, “Ananias” At
sinabi niya, “Tingnan mo, narito ako, Panginoon.” 11 Sinabi
ng Panginoon sa kaniya,”Tumayo ka, at pumunta ka sa kalye
na kung tawagin ay Matuwid, at tanungin mo sa tahanan
ni Judas ang lalaking galing sa Tarsus na ang pangalan
ay Saulo; sapagkat siya ay nananalangin; 12 at nakita
niya sa pangitain ang lalaking nagngangalang Ananias na
dumarating at nagpapatong ng kamay nito sa kaniya, upang
siya ay makakita.” 13 Ngunit sumagot si Ananias,”Panginoon,
narinig ko sa marami ang tungkol sa taong ito, kung paano
niya ginawan ng masama ang mga banal mong mga tao sa
Jerusalem. 14 Siya ay may kapangyarihan mula sa mga
pinakapunong pari upang dakpin ang lahat na tumatawag
sa inyong pangalan.” 15 Ngunit sinabi ng Panginoon sa
kaniya,” Pumunta, ka sapagkat siya ay sisidlang hirang sa
akin, upang dalhin ang aking pangalan sa mga Hentil at
sa mga hari at sa lahat ng anak ng Israel; 16 sapagkat
ipapakita ko sa kaniya kung gaano siya dapat magtiis para
sa aking pangalan.” 17 Kaya umalis si Ananias, at pumasok
sa tahanan. Ipinatong nito ang kaniyang kamay sa kaniya at
sinabi, “Kapatid na Saulo, ang Panginoon Jesus, na siyang
nagpakita sa iyo sa daan nang papunta ka rito, ay sinugo
ako upang ikaw ay makakita at mapuspos ng Banal na
Espiritu.” 18 Kaagad may isang bagay na parang kaliskis
ang nahulog mula sa mga mata ni Saulo, at bumalik ang
kaniyang paningin; Tumayo siya at nabautismuhan; 19 at
siya ay kumain at lumakas. Nanatili siya kasama ng mga
alagad sa Damasco ng ilang mga araw. 20 Kaagad ay
ipinahayag niya si Jesus sa mga sinagoga, sinasasabing
siya ang Anak ng Diyos. 21 lahat ng nakarinig sa kaniya
ay namangha at sinabi. “Hindi ba ito ang taong lumipol
sa mga taga-Jerusalem na tumatawag sa pangalang ito?
At siya ay naparito upang dalhin sila na nakagapos sa
mga punong pari.” 22 Ngunit si Saulo ay lalong napalakas
upang mangaral at nalito ang mga Judio na naninirahan
sa Damasco sa pagpapatunay na si Jesus ay ang Cristo.
23 Pagkalipas ng maraming araw, sama-samang nagplano
ang mga Judio upang siya ay patayin. 24 Ngunit nalaman
ni Saulo ang kanilang plano. Nagbantay sila sa pintuang
bayan araw at gabi upang siya ay patayin. 25 Subalit nang
gabi ay kinuha siya ng kaniyang mga alagad at binaba
siya sa pader sa pamamagitan ng isang basket. 26 Nang
dumating siya sa Jerusalem, nagtangkang sumama si Saulo
sa mga alagad, subalit natakot silang lahat sa kaniya, hindi
sila naniniwalang siya ay isang alagad. 27 Ngunit isinama
siya ni Bernabe at ipinakilala sa mga alagad. At sinabi niya
sa kanila kung paanoni Saulo nakita ang Panginoon sa
daan at ang Panginoon ay nangusap sa kaniya, at kung
paano buong tapang na nangaral sa Damasco si Saulo sa
pangalan ni Jesus. 28 Nakipagkita siya sa kanila habang sila
ay pumapasok at lumalabas ng Jerusalem. Nagsalita siya ng
may katapangan sa pangalan ng Panginoong Jesus 29 at
nakipagtalo sa mga Helenista; ngunit sinubukan parin nila
siyang patayin. 30 Nang malaman ito ng mga kapatiran, siya
ay dinala nila pababa sa Cesarea at ipinadala siya patungo
sa Tarso. 31 Kaya ang iglesia sa buong Judea, Galilea, at
Samaria ay nagkaroon ng kapayapaan at ito ay lumago at
lumalakad ng may takot sa Panginoon sa tulong ng Banal
na Espiritu, ang iglesia ay lumago sa bilang. 32 Ngayon
nangyari nga na habang si Pedro ay pumupunta sa buong
rehiyon, pumunta din siya sa mga mananampalataya na
naninirahan sa bayan ng Lydda. 33 Doon ay nakita niya ang
isang lalaki na ang pangalan ay Eneas, na nakaratay sa

kaniyang higaan ng halos walong taon, sapagkat siya ay
paralitiko 34 Sinabi ni Pedro sa kaniya, “Eneas, si Jesu-
Cristo ang nagpagaling saiyo. Tumayo ka at ayusin mo ang
iyong higaan.” At agad siyang tumayo. 35 Kaya lahat ng
nakakita sa Lida at Saron ay nakita ang lalaki at nagbalik
loob sila sa Panginoon. 36 Ngayon mayroon alagad sa
Joppa na ang pangalan ay Tabitha, na kung isasalin ay
“Dorcas.” Ang babaeng ito ay puno ng mga mabubuti at
maawaing gawa, na ginagawa niya para sa mahihirap. 37 At
nangyari nga sa mga araw na iyon na siya ay nagkasakit at
namatay; nang siya ay kanilang hugasan, pinahiga siya sa
kuwarto sa itaas. 38 Dahil malapit ang Lida sa Joppa, at
narinig ng mga alagad na naroon si Pedro, nagsugo sila ng
dalawang lalaki at pumunta sa kaniya, nagmamakaawa na
sinabi sa kaniyang, “Sumama ka sa amin agad”. 39 Tumayo
si Pedro at sumama sa kanila. Nang dumating siya, dinala
nila siya sa kuwarto sa itaas, at ang lahat ng mga balo
ay nakatayo sa paligid niya na nananangis, ipinapakita sa
kaniya ang mga balabal at mga damit na ginawa ni Dorcas
habang kasama pa nila siya. 40 Pinalabas silang lahat ni
Pedro sa silid, lumuhod siya at nanalangin; at humarap
siya sa katawan at sinabi niya. “Tabitha, bumangon ka.”
Minulat niya ang kaniyang mga mata, at nang makita niya si
Pedro siya ay umupo. 41 Pagkatapos iniabot ni Pedro ang
kaniyang kamay at ibinangon siya; at nang tawagin niya ang
mga mananampalataya at mga balo ay iniharap niya siya
sa kanila na buhay. 42 Nalaman ang pangyayaring ito sa
buong Joppa, at maraming mga tao ang nanampalataya
sa Panginoon. 43 Nangyari nga na nanatili si Pedro ng
maraming araw sa Joppa kasama ang lalaki na ang pangalan
ay Simon, na tagapagbilad ng balat ng hayop

**10** Ngayon may isang tao sa lungsod ng Cesarea, na
nagngangalang Cornelio, isang senturiong tinawag
na hukbong Italyano. 2 Siya ay isang maka-diyos, na
sumasamba sa Diyos kasama ang lahat ng kaniyang
sambahayan; siya ay nagbigay ng malaking halaga ng salapi
sa mga Judio at palaging nananalangin sa Diyos. 3 Bandang
alas tres ng hapon, malinaw niyang nakita sa pangitain ang
isang anghel ng Diyos na papalapit sa kaniya. Ang sabi
ng anghel sa kaniya, “Cornelio!” 4 Tumitig si Cornelio sa
anghel at takot na takot na sinabi, “Ano po iyon, ginoo?”
Sinabi ng anghel sa kaniya, “Ang iyong mga panalangin at
mga kaloob sa mga mahihirap ay pumaitaas bilang alaala
na alay sa harapan ng Diyos. 5 Ngayon magpadala ka ng
mga lalaki sa lungsod ng Joppa upang sunduin ang lalaking
nagngangalang Simon, na pinangalanan ding Pedro. 6
Siya ay naninirahan sa bahay ng mambibilad ng balat ng
hayop na si Simon, na ang bahay ay nasa tabing dagat.” 7
Nang makaalis ang anghel na kumausap sa kaniya, tinawag
ni Cornelio ang dalawa sa kaniyang mga tagapaglingkod
sa bahay, at isang sundalo na sumasamba sa Diyos na
kabilang sa mga sundalong naglilingkod rin sa kaniya. 8
Sinabi ni Cornelio sa kanila ang lahat nang nangyari at sila
ay pinapunta sa Joppa. 9 Bandang tanghali kinabukasan,
sa kanilang paglalakbay papalapit sa lungsod, si Pedro ay
pumunta sa bubungan upang manalangin. 10 Nagutom siya
at gusto niya ng kumain, ngunit habang nagluluto ang mga
tao ng pagkain, nabigyan siya ng isang pangitain, 11 at
nakita niyang bumukas ang langit at may isang sisidlan
na bumababa mula sa langit, katulad ng isang malaking
kumot na ipinababa sa lupa sa pamamagitan ng apat na
mga sulok nito. 12 Naroon ang lahat na uri ng hayop
na may apat na paa, at mga bagay na gumagapang sa
lupa, at mga ibon sa himpapawid. 13 At may tinig na
kumausap sa kaniya: “Bumangon ka Pedro, magkatay ka at
kumain.” 14 Ngunit sinabi ni Pedro, “Hindi maaari Panginoon,
dahil ni minsan hindi ako kumain ng anumang marumi at
hindi malinis.” 15 Ngunit muli niyang narinig ang tinig sa
ikalawang pagkakataon: “Huwag mong ituring na marumi
ano man ang nilinis na ng Diyos.” 16 Nangyari ito nang
tatlong beses; at agad na ibinalik sa langit ang sisidlan.
17 Ngayon habang naguguluhan pa si Pedro tungkol sa
kahulugan ng pangitaing kaniyang nakita, narito, ang mga
lalaki na ipinadala ni Cornelio na nakatayo sa harapan ng
tarangkahan, pagkatapos nilang tanungin ang daan patungo
sa tahanan. 18 At sila ay tumawag at nagtanong kung
naninirahan doon si Simon na tinatawag ding Pedro. 19
Habang iniisip pa rin ni Pedro ang tungkol sa pangitain,
sinabi ng Espiritu sa kaniya, “Tingnan mo, may tatlong
lalaking naghahanap sa iyo. 20 Bumangon ka at bumaba at
sumama sa kanila. Huwag kang matakot na sumama sa
kanila, dahil ipinadala ko sila.” 21 Kaya bumaba si Pedro at
sinabi sa mga lalaki, “Ako ang hinahanap ninyo. Bakit kayo
naparito?” 22 Sinabi nila, “Ang senturion na nagngangalang
Cornelio, isang matuwid na tao at sumasamba sa Diyos,
at mabuti ang sinasabi tungkol sa kaniya ng lahat ng mga
Judio sa bansa, ay sinabihan ng isang banal na anghel ng
Diyos na papuntahan ka para isama ka sa kaniyang bahay,
upang siya ay makinig ng mensahe mula sa iyo.” 23 Kaya
inanyayahan sila ni Pedro na pumasok at manatili na kasama
niya. Kinabukasan bumangon siya at sumama sa kanila,
at sinamahan siya ng ilang mga kapatid na taga-Joppa.
24 Noong sumunod na araw, dumating sila sa Cesarea.
Hinihintay sila ni Cornelio; tinipon niya ang kaniyang mga
kamag-anak at kaniyang mga malalapit na kaibigan. 25
Nangyari nga na nang papasok na si Pedro, sinalubong siya
ni Cornelio at lumuhod sa kaniyang paanan para parangalan
siya. 26 Ngunit pinatayo siya ni Pedro at sinabi na, “Tumayo

ka; ako rin ay isang tao lamang. **27** Habang nakikipag-usap
si Pedro sa kaniya, pumasok siya at natagpuan niya ang
napakaraming tao na nagtipon-tipon doon. **28** Sinabi niya sa
kanila, “Batid ninyo mismo na hindi naaayon sa batas para
sa isang Judio na makihalubilo o bumisita sa kaninuman
galing sa ibang bansa. Ngunit ipinakita sa akin ng Diyos
na hindi ko dapat tawagin ang sinuman na marumi o hindi
malinis. **29** Kaya pumunta ako na hindi na nakipagtalo nang
ako ay papuntahin dito. Kaya tinatanong ko kayo kung bakit
ninyo ako pinapunta.” **30** Sinabi ni Cornelio, “May apat
na araw na ngayon ang nakakalipas sa ganito ring oras,
bandang alas-tres nananalangin ako sa aking bahay; at
nakita ko ang isang lalaking nakatayo sa aking harapan na
may maliwanag na kasuotan. **31** At sinabi niya, “Cornelio,
dininig ng Diyos ang iyong panalangin at ang ibinibigay mo
sa mga mahihirap ay nagpaalala sa Diyos tungkol sa iyo. **32**
Kaya magpadala ka ng tao sa Jopa, at ipatawag ang taong
nagngangalang Simon, na tinatawag ding Pedro. Nakikitira
siya sa bahay ng isang taong mambibilad ng balat ng hayop
na nangngangalang Simon, sa tabing-dagat. (Pagdating
niya, kakausapin ka niya.) **33** kaya agad kitang ipinatawag,
mabuti at dumating ka. At ngayon nandito kaming lahat sa
harapan ng Diyos upang makinig sa lahat ng mga itinuro sa
iyo ng Diyos na sasabihin mo.” **34** At binuksan ni Pedro ang
kaniyang bibig at sinabi, “Sa katotohanan, naunawaan ko
ng lubusan na walang tinatangi ang Diyos. **35** Sa halip, sa
bawat bansa ang sinumang sumasamba at gumagawa ng
mga matuwid na gawain ay katanggap-tanggap sa kaniya.
**36** Alam ninyo ang mensahe na ipinadala niya sa mga taga-
Israel, nang ipahayag niya ang magandang balita tungkol sa
kapayapaan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, na Panginoon
ng lahat— **37** Alam ninyo mismo ang mga kaganapan na
nangyari, na naganap sa buong Judea, na nagsimula sa
Galilea, pagkatapos nang pagbautismo na ipinahayag ni
Juan; **38** ang mga kaganapan na ukol kay Jesus ng Nazaret,
kung paano siya pinuspus ng Diyos ng Banal na Espiritu at
ng kapangyarihan. Naglibot siya na gumagawa ng kabutihan
at nagpapagaling ng mga pinahihirapan ng diyablo, sapagkat
kasama niya ang Diyos. **39** Saksi kami sa lahat ng bagay na
kaniyang ginawa sa bansa ng mga Judio at sa Jerusalem
—itong si Jesus na kanilang pinatay, na binitay sa isang
kahoy. **40** Itong taong ito ay muling binuhay ng Diyos sa
ikatlong araw at ibinigay siya upang makilala, **41** hindi sa
lahat ng mga tao, kundi sa mga saksi na noon pa man
ay pinili na ng Diyos- kami mismo, na kumain at uminom
kasama niya pagkatapos niyang muling mabuhay mula sa
mga patay. **42** Inutusan niya kami upang mangaral sa mga
tao at magpatotoo na siya ang pinili ng Diyos na maging
Hukom ng mga buhay at mga patay. **43** Ito ay para sa
kaniya kaya nagpapatotoo ang mgapropeta, upang ang
lahat ng sumasampalataya sa kaniya ay makatanggap
ng kapatawaran ng mga kasalanan sa pamamagitan ng
kaniyang pangalan.” **44** Habang sinasabi pa lamang ni Pedro
ang mga bagay na ito, ang Banal na Espiritu ay bumaba sa
lahat ng mga nakikinig sa kaniyang mensahe. **45** Ang mga
taong napabilang sa mga mananampalatayang tuli—lahat ng
mga sumama kay Pedro— ay namangha, dahil ang kaloob
ng Banal na Espiritu ay naibuhos din sa mga Gentil. **46** Dahil
narinig nila ang mga Gentil na nagsasalita ng iba't-ibang
wika at nagpupuri sa Diyos. Pagkatapos sinabi ni Pedro, **47**
“Mayroon bang hahadlang sa mga taong ito upang hindi
mabautismuhan sa tubig, ang mga taong ito na nakatanggap
ng Banal na Espiritu na katulad natin?” **48** At sila ay inutusan
niya na magpabautismo sa ngalan ni Jesu-Cristo. At hiniling
nila na manatili siya sa kanila ng ilang araw.

**11** Ngayon narinig ng mga alagad at mga kapatiran na
nasa Judea na ang mga Gentil ay tumanggap din ng
salita ng Diyos. **2** Nang makarating si Pedro sa Jerusalem,
pinuna ng mga taong nabibilang sa mga tinuling pangkat;
**3** sinabi nila, “Nakihalubilo ka sa mga hindi tuling lalaki at
kumain kasama nila!” **4** Ngunit nagsimulang ipinaliwanag
ni Pedro sa kanila ang bagay na iyon ng detalyado; sinabi
niya, **5** Nananalangin ako sa lungsod ng Joppa, nang ako'y
makakita ng isang pangitain ng isang sisidlang bumababa,
katulad ng malaking kumot na ipinababa sa pamamagitan
ng apat na sulok nito. Ito ay bumaba sa akin. **6** Minasdan
ko ito at inisip ko ang tungkol dito. Nakita ko ang mga
may apat na paang mga hayop sa lupa, mga mababangis
na hayop, mga hayop na gumagapang, at mga ibon sa
himpapawid. **7** Pagkatapos narinig ko ang tinig na nagsabi
sa akin, “Bumangon ka, Pedro; kumatay at kumain.” **8** Sinabi
ko, “Hindi maaari, Panginoon: sapagka't kailanman walang
hindi banal o hindi malinis na pumasok sa aking bibig.”
**9** Ngunit ang tinig ay sumagot muli mula sa langit, “Ang
ipinahayag ng Diyos na malinis, huwag mong ituring na hindi
malinis.” **10** Nangyari ito ng tatlong beses, at pagkatapos
noon ang lahat ay naibalik muli sa langit. **11** At narito, agad
na may tatlong lalaki na nakatayo sa harap ng bahay kung
saan kami naroon; sila ay ipinadala sa akin mula Cesarea.
**12** Iniutos ng Espiritu sa akin na sumama sa kanila, at dapat
hindi ako tatangi sa kanila. Itong anim na mga kapatid ay
sumama sa akin, at pumasok kami sa bahay ng lalaki. **13**
Sinabi niya sa amin kung paano niya nakita ang anghel na
nakatayo sa kaniyang bahay at nagsasabing, “Magpadala
ka ng mga lalaki sa Joppa at sunduin si Simon na ang isa
pang pangalan ay Pedro. **14** Siya ay magsasalita sa iyo
ng isang mensahe na sa pamamagitan nito maliligtas ka—
ikaw at lahat ng iyong sambahayan.” **15** Nang magsimula

akong magsalita sa kanila, dumating ang Banal na Espiritu
sa kanila, gayang nangyari sa atin noong una. 16 Naalala ko
ang mga salita ng Panginoon, kung paano niya sinabing,
“Tunay nga na nagbautismo si Juan ng tubig, ngunit kayo ay
babautismuhan sa Banal na Espiritu.” 17 At kung ibinigay ng
Diyos sa kanila ang parehong kaloob na gaya ng ibinigay
niya sa atin nang sumampalataya tayo sa Panginoong Jesu-
Cristo, sino ba ako upang salungatin ang Diyos?” 18 Nang
marinig nila ang mga bagay na ito, wala silang naisagot
sa kaniya, ngunit nagpuri sila sa Diyos at sinabing, “Kung
ganoon ibinigay din ng Diyos sa mga Gentil ang pagsisisi
sa buhay.” 19 Kaya kumalat ang mga mananampalataya
mula Jerusalem dahil sa paghihirap na nagumpisa noong
kamatayan ni Esteban—ang mga mananampalatayang ito
ay umabot sa mga malalayong lugar ng Fenicia, Sayprus
at Antioquia. Sinabi nila ang mensahe tungkol kay Jesus
sa mga Judio lamang, at wala nang iba pa. 20 Ngunit
ang ilan sa kanila, na mga lalaking taga- Sayprus at taga-
Cirene, ay pumunta sa Antioquia at nagsalita sa mga
Griego rin at ipinangaral ang Panginoong Jesus. 21 At ang
kamay ng Panginoon ay kasama nila; malaking bilang ang
nanampalataya at bumalik sa Panginoon. 22 Ang balita
tungkol sa kanila ay nakarating sa tainga ng iglesia sa
Jerusalem: at kanilang ipinadala si Bernabe hanggang sa
Antioquia. 23 Nang dumating siya at nakita ang kaloob
ng Diyos, siya'y natuwa; at pinalakas niya ang loob ng
lahat na manatili sa Panginoon ng kanilang buong puso. 24
Sapagkat siya'y mabuting tao at puspos ng Banal na Espiritu
at ng pananampalataya, at maraming tao ang naidagdag
sa Panginoon. 25 Pagkatapos nito, pumunta ng Tarso si
Bernabe upang hanapin si Saulo. 26 Nang makita niya siya,
isinama niya siya sa Antioquia. At nangyari, na sa loob ng
isang taon, nakitipon sila sa iglesia at tinuruan ang maraming
tao. At ang mga alagad ay unang tinawag na Kristiyano sa
Antioquia. 27 Ngayon sa mga araw na ito ilang mga propeta
ang bumaba mula Jerusalem papuntang Antioquia. 28 Isa sa
kanila na nagngangalang Agabo, ay tumayo, at ipinahiwatig
sa pamamagitan ng Espiritu, na magkakaroon ng matinding
taggutom sa buong mundo. Nangyari nga ito sa panahon
ni Claudio. 29 Kaya, napagpasyahan ng mga alagad na
magpadala ng tulong sa mga kapatid sa Judea ayon sa
kakayahan ng bawat isa. 30 Ginawa nila ito; nagpadala sila
ng pera sa mga nakatatanda sa pamamagitan nila Bernabe
at Saulo.

**12** Nang panahong ding iyon, pinagbuhatan ng kamay
ni haring Herodes ang ilan sa kapulungan, upang
abusuhin sila. 2 Pinatay niya si Santiago na kapatid ni
Juan sa pamamagitan ng espada. 3 Nang makita niya na
nalugod ang mga Judio, ipinadakip din niya si Pedro. Ito
ay sa panahon ng mga tinapay na walang lebadura. 4
Pagkatapos siyang dakipin, ipinabilanggo siya at nagtalaga
ng apat na pangkat ng mga sundalo upang siya ay bantayan;
binabalak niyang iharap si Pedro sa mga tao pagkatapos ng
Paskwa. 5 Kaya nanatili si Pedro sa kulungan, ngunit ang
kapulungan ay masigasig na nanalangin sa Diyos para sa
kaniya. 6 Nang araw bago siya ilabas ni Herodes, nang
gabing iyon, natutulog si Pedro sa pagitan ng dalawang
kawal, gapos ng dalawang mga tanikala at nagbabantay
ang mga bantay sa harap ng pintuan ng bilangguan. 7 At
biglang lumitaw ang isang anghel ng Diyos sa kaniyang tabi
at isang ilaw ang lumiwanag sa bilangguan. Tinapik niya si
Pedro sa tagiliran at ginising at sinabi, “Bumangon kang
madali.” Pagkatapos nahulog ang kaniyang mga kadena
sa kaniyang mga kamay. 8 Sinabi sa kaniya ng anghel,
“Magdamit ka at isuot ang iyong sandalyas.”Ginawa nga
ito ni Pedro. Sinabi ng anghel sa kaniya, “Isuot mo ang
iyong panlabas na kasuotan at sumunod ka sa akin.” 9
Kaya sumunod nga si Pedro sa anghel at lumabas. Hindi
niya alam na ang nangyari sa pamamagitan ng anghel ay
totoo. Ang akala niya nakakakita siya ng isang pangitain. 10
Pagkatapos nilang makalampas sa una at sa pangalawang
bantay, nakarating sila sa pintuang bakal na patungo sa
lungsod, kusa itong bumukas para sa kanila. Lumabas sila at
bumaba sa isang kalye, at kaagad siyang iniwan ng anghel.
11 Nang matauhan si Pedro, sinabi niya, “Ngayon, aking
napatunayan na ipinadala ng Diyos ang kaniyang anghel
at iniligtas ako sa kamay ni Herodes, at mula sa lahat ng
inaasahan ng mga mamamayang Judio.” 12 Pagkatapos
niyang maunawaan ito, dumating siya sa bahay ni Maria na
ina ni Juan na ang huling pangalan ay Marcos; maraming
mananampalataya ang nagkatipon doon at nananalangin.
13 Nang kumatok siya sa may pintuan ng tarangkahan,
isang aliping babae na nagngangalang Roda ang pumunta
upang sumagot. 14 Nang makilala niya ang tinig ni Pedro, sa
kaniyang kagalakan, hindi niya nabuksan ang pintuan; sa
halip, tumakbo siya sa silid at kaniyang ibinalita na nakatayo
si Pedro sa may pintuan. 15 Kaya sinabi nila sa kaniya,
“Nababaliw ka na.”Ngunit kaniyang ipinilit na ito ay totoo.
Kanilang sinabi, “Ito ang kaniyang anghel.” 16 Ngunit patuloy
pa rin si Pedro sa pagkatok, at nang kanilang buksan ang
pintuan, nakita nila siya at sila ay namangha. 17 Sumenyas
si Pedro sa kanila sa pamamagitan ng kaniyang kamay
na tumahimik, at sinabi niya sa kanila kung paano siya
inilabas ng Diyos sa bilangguan. Sinabi niya, “Ibalita ninyo
ang mga bagay na ito kay Santiago at sa mga kapatid.”
Pagkatapos umalis siya at nagpunta sa ibang lugar. 18 Nang
sumapit na ang araw, gulong-gulo ang mga kawal tungkol
sa nangyari kay Pedro. 19 Pagkatapos siyang hanapin ni

Herodes at hindi matagpuan, tinanong niya ang mga bantay
at iniutos na patawan sila ng kamatayan. Pagkatapos siya ay
bumaba mula Judea hanggang Cesarea at nanatili doon. 20
Ngayon galit na galit si Herodes sa mga taga-Tiro at Sidon.
Pumunta sila sa kaniya na magkakasama. Hinikayat nila
si Blasto, na kanang kamay ng Hari, upang tulungan sila.
Pagkatapos humiling sila ng kapayapaan, dahil ang kanilang
bansa ay tumatanggap ng pagkain mula sa bansa ng hari.
21 Nang dumating ang takdang araw, nagbihis si Herodes ng
marangyang kasuotan at umupo sa trono; nagsalita siya sa
kanila. 22 Sumigaw ang mga tao, “Ito ang tinig ng isang
diyos, hindi ng isang tao!” 23 Kaagad siyang hinampas ng
isang anghel ng Panginoon, dahil hindi niya ibinigay ang
kaluwalhatian sa Diyos; kinain siya ng mga uod at namatay.
24 Ngunit lumago at lumaganap ang salita ng Diyos. 25
Nang matapos nina Bernabe at Saul ang kanilang misyon sa
Jerusalem, bumalik sila mula doon; isinama nila si Juan na
ang huling pangalan ay Marcos.

**13** At ngayon sa kapulungan ng Antioquia, mayroong
mga iilang propeta at mga guro. Sila ay sina Bernabe,
Simeon (na tinatawag na Niger), Lucio na taga-Cirene,
Manaen (kinakapatid na lalaki ni Herodes na Tetrarka) at
Saul. 2 Habang sumasamba at nag-aayuno sila sa Diyos,
sinabi ng Banal na Espiritu, “Ihiwalay ninyo para sa akin sina
Bernabe at Saul, upang gawin ang gawain kung saan ko sila
tinawag.” 3 Pagkatapos na ang kapulungan ay mag-ayuno,
manalangin at magpatong ng kanilang mga kamay sa mga
lalaking ito, sila ay kanilang sinugo. 4 Kaya sumunod sina
Bernabe at Saul sa Banal na Espiritu at bumaba papuntang
Seleucia; Mula doon ay naglayag sila papunta sa isla ng
Sayprus. 5 Nang naroon na sila sa lungsod ng Salamina,
ipinahayag nila ang salita ng Diyos sa mga sinagoga ng
mga Judio. Kasama din nila si Juan Marcos bilang kanilang
katulong. 6 Nang makaalis sila sa buong isla hanggang
Pafos, natagpuan nila ang isang salamangkero, isang
bulaang propeta na Judio na nagngangalang Bar-Jesus.
7 May kaugnayan ang salamangkerong ito sa gobernador
na si Sergio Paulo, na isang taong matalino. Pinatawag ng
taong ito sina Bernabe at Saul, dahil ibig niyang marinig
ang salita ng Diyos. 8 Ngunit kinalaban sila ni Elimas “ang
salamangkero” (ganito isinalin ang kaniyang pangalan);
tinangka niyang paikutin ang gobernador na mapalayo mula
sa pananampalataya. 9 Ngunit si Saulo, na tinatawag ding
Pablo ay napuspos ng Banal na Espiritu. Tinitigan siya
nito 10 at sinabi, “Ikaw na anak ng diyablo, punong-puno
ka ng lahat ng uri ng pandaraya at kasamaan. Ikaw ay
kaaway ng bawat katuwiran. Hindi ka ba talaga titigil sa
pagbabaluktot sa mga tuwid na daan ng Diyos? 11 Ngayon
tingnan mo, ang kamay ng Panginoon ay nasa iyo at ikaw
ay mabubulag. Pansamantala mo munang hindi makikita
ang araw.” At biglang nagdilim ang paningin ni Elimas,
nagsimula siyang lumibot na humihiling sa mga tao na
siya ay akayin sa pamamagitan ng kanilang mga kamay.
12 Pagkatapos na makita ng gobernador kung ano ang
nangyari, siya ay naniwala, dahil namangha siya sa katuruan
tungkol sa Panginoon. 13 Naglayag ngayon si Pablo at
ang kaniyang mga kaibigan mula Pafos at dumating sa
Perga ng Panfilia. Ngunit iniwan sila ni Juan at bumalik sa
Jerusalem. 14 Naglakbay si Pablo at ang kaniyang mga
kaibigan mula Perga at nakarating sa Antioquia ng Pisidia.
Doon ay pumunta sila sa loob ng sinagoga sa Araw ng
Pamamahinga at umupo. 15 Nang matapos ang pagbabasa
ng kautusan at ng mga propeta, nagbigay ang mga pinuno ng
sinagoga ng mensahe sa kanila na sinasabi, “Mga kapatid,
kung mayroon kayong mensahe ng pampalakas loob sa
mga tao dito, sabihin ninyo ito.” 16 Kaya tumayo si Pablo at
sumenyas sa pamamagitan ng kaniyang kamay, sinabi niya,
“Mga taga-Israel at kayo na gumagalang sa Diyos, makinig
kayo. 17 Ang Diyos ng mga taong ito sa Israel ang pumili sa
ating mga ninuno at pinarami ang mga tao nang nanatili
sila sa Egipto, at sa pamamagitan ng pagtaas ng kaniyang
kamay ay pinangunahan niya sila na makalabas mula dito.
18 Sa halos apatnapung taon nagtiis siya na kasama nila
sa ilang. 19 Pagkatapos niyang wasakin ang pitong bansa
sa lupain ng Canaan, ipinagkaloob niya sa ating mga tao
ang kanilang lupain bilang pamana. 20 Naganap ang lahat
ng pangyayaring ito sa loob ng apat na raan at limampung
taon. Matapos ang lahat ng bagay na ito, binigyan sila ng
Diyos ng mga hukom hanggang kay Samuel na propeta.
21 Pagkatapos nito, humingi ang mga tao ng isang hari,
kaya ibinigay ng Diyos sa kanila si Saul na anak ni Cis,
isang lalaki mula sa lipi ni Benjamin sa loob ng apatnapung
taon. 22 Nang matapos siyang alisin ng Diyos sa pagiging
hari, hinirang niya si David upang maging kanilang hari.
Sinabi ito ng Diyos tungkol kay David, 'Natagpuan ko si
David na anak ni Jesse isang lalaking malapit sa aking puso,
gagawin niya ang lahat ng aking naisin.' 23 Mula sa kaapu-
apuhan ng lalaking ito ay dinala ng Diyos sa Israel ang isang
tagapagligtas na si Jesus, katulad ng kaniyang ipinangakong
gagawin. 24 Nagsimula itong mangyari bago dumating si
Jesus, unang ipinahayag ni Juan ang bautismo ng pagsisisi
sa lahat ng tao sa Israel. 25 At nang matatapos na ni Juan
ang kaniyang gawain, sinabi niya 'Sino ba ako sa akala
ninyo? Ako ay hindi siya. Ngunit makinig kayo, may isang
darating na kasunod ko, hindi man lang ako karapat-dapat
na magtanggal ng kaniyang sandalyas.' 26 Mga kapatid,
mga anak na mula sa lipi ni Abraham at ang mga kasama
ninyo na sumasamba sa Diyos, ito ay para sa atin kaya

ipinadala ang mensaheng ito tungkol sa kaligtasan. 27 Para
sa kanila na taga-Jerusalem, at sa kanilang mga pinuno,
na hindi totoong nakakakilala sa kaniya, ni hindi talaga nila
nauunawaan ang tinig ng mga propeta habang binabasa
tuwing Araw ng Pamamahinga; kaya natupad nila ang mga
mensahe ng mga propeta sa pamamagitan ng paghatol kay
Jesus sa kamatayan. 28 Kahit pa wala silang natagpuang
dahilan upang patayin siya, hiniling nila kay Pilato na siya
ay patayin. 29 At nang natupad na nilang lahat ang mga
bagay na isinulat tungkol sa kaniya, siya ay kanilang ibinaba
mula sa puno at inihiga sa isang libingan. 30 Ngunit binuhay
siya ng Diyos mula sa mga patay. 31 Nakita siya sa loob ng
maraming araw ng mga sumama sa kaniya mula Galilea
hanggang Jerusalem. Ang mga taong ito ang naging mga
saksi niya ngayon sa mga tao. 32 Kaya dala namin sa
inyo ang magandang balita tungkol sa mga pangakong
ibinigay sa ating mga ninuno. 33 Iningatan ng Diyos ang
mga pangakong ito sa atin na kanilang mga anak, na kung
saan binuhay niya si Jesus mula sa mga patay. Ito din ang
naisulat sa ikalawang awit: 'Ikaw ang aking Anak, at ngayon
ako ay iyong magiging Ama.' 34 Tungkol din naman sa
katotohanang binuhay siya mula sa mga patay upang hindi
mabulok ang kaniyang katawan, nagsalita siya ng katulad
nito: 'Ipagkakaloob ko saiyo ang banal at maaasahang mga
pagpapala ni David.' 35 Ito rin ay kung bakit niya sinabi sa
iba pang awit, 'Hindi mo pahihintulutan na makitang mabulok
ang iyong Nag-iisang Banal.' 36 Nang matapos paglingkuran
ni David ang kaniyang sariling salinlahi sa mga nais ng
Diyos, nakatulog siya, kasama nang kaniyang mga ama,
at nabulok, 37 ngunit siya na binuhay ng Diyos ay hindi
nabulok. 38 Kaya dapat ninyo itong malaman, mga kapatid,
na sa pamamagitan ng taong ito ay naipahahayag sa inyo
ang kapatawaran ng mga kasalanan. 39 Sa pamamagitan
niya ang bawat isang mananampalataya ay pinawalang-sala
mula sa lahat ng bagay na hindi kayang maipawalang-sala
sa inyo sa kautusan ni Moises. 40 Kaya't mag-ingat kayo
na hindi mangyari sa inyo ang sinabi ng mga propeta: 41
'Tingnan ninyo, mga mapang-alipusta, at mamangha kayo at
saka mamamatay sapagkat isasagawa ko ang gawain sa
inyong mga araw, isang gawaing hindi ninyo paniniwalaan
kailanman, kahit pa mayroong maghayag nito sa inyo.'" 42
Habang paalis na sina Pablo at Bernabe, nagmakaawa sa
kanila ang mga tao kung maaari nilang sabihin muli ang
katulad na mensahe sa susunod na Araw ng Pamamahinga.
43 Nang matapos na ang pagpupulong sa sinagoga, marami
sa mga Judio at mga taong nagbago ng paniniwala ang
sumunod kina Pablo at Bernabe, na nagsalita sa kanila at
nanghikayat na magpatuloy sa biyaya ng Diyos. 44 Nang
sumunod na Araw ng Pamamahinga, halos ang buong
lungsod ay nagsama-samang nagkatipon upang makinig
ng salita ng Panginoon. 45 Nang makita ng mga Judio ang
maraming tao, napuno sila ng pagka-inggit at nagsalita
laban sa mga bagay na ipinahayag ni Pablo at ininsulto siya.
46 Ngunit matapang na nagsalita sina Pablo at Bernabe
at sinabi, "Kinakailangan muna na ang salita ng Diyos ay
maibahagi sa inyo. Ngunit nakikita kong itinutulak ninyo ito
palayo sa inyong sarili at itinuturing ang inyong sarili na
hindi karapat-dapat sa buhay na walang hanggan, tingnan
ninyo, pupunta kami sa mga Gentil. **(aiōnios g166)** 47 Sapagkat
iniutos sa amin ng Panginoon, na nagsasabi, 'Inilagay ko
kayo bilang ilaw sa mga Gentil upang kayo ay magdala ng
kaligtasan sa mga pinakadulong bahagi ng mundo.'" 48 Nang
narinig ito ng mga Gentil, nagalak sila at pinuri ang salita ng
Panginoon. Nanampalataya ang mga naitalaga sa buhay na
walang hanggan. **(aiōnios g166)** 49 Lumaganap ang salita ng
Panginoon sa buong rehiyon. 50 Ngunit hinikayat ng mga
Judio ang mga relihiyoso at mga mahahalagang babae,
gayon din ang mga lalaking namumuno sa lungsod. Nagdulot
ito ng matinding pag-uusig laban kina Pablo at Bernabe at
itinaboy sila hanggang sa hangganan ng kanilang lungsod.
51 Ngunit ipinagpag nina Pablo at Bernabe ang alikabok
mula sa kanilang mga paa laban sa kanila. Pumunta sila
sa lungsod ng Iconio. 52 At napuno ang mga alagad ng
kagalakan at ng Banal na Espiritu.

**14** Nangyari din ito sa Iconio, na sina Pablo at Bernabe
ay magkasamang pumasok sa loob ng sinagoga ng
mga Judio at nagsalita sa paraan na napakaraming Judio at
Griyego ang nanampalataya. 2 Ngunit nanghikayat ang mga
suwail na Judio sa kalagitnaan ng mga Gentil at hinimok
sila na magalit laban sa mga kapatid. 3 Kaya nanatili sila
doon ng mahabang panahon, matapang na nagsasalita sa
kapangyarihan ng Diyos, Habang nagbibigay siya ng patunay
tungkol sa mensahe ng kaniyang biyaya. Ginawa niya ito
sa pamamagitan ng mga palatandaan at mga kamangha-
manghang bagay sa pamamagitan ng kamay nina Pablo at
Bernabe. 4 Ngunit nahati ang karamihan sa lunsod: pumanig
ang iba sa mga Judio at sa mga apostol naman ang iba. 5
Nang subukang himukin ng mga Gentil at Judio ang kanilang
mga pinuno na saktan at batuhin sina Pablo at Bernabe,
6 nalaman nila ang mga ito at tumakas sila patungo sa
lungsod ng Licaonia, Listra at Derbe at sa palibot na rehiyon,
7 at doon nangangaral sila ng ebanghelyo. 8 Sa Listra may
isang lalaking nakaupo sa kaniyang mga paa na walang
lakas, isang lumpo mula pa noong nasa sinapupunan ng
kaniyang ina, na hindi kailanman nakapaglakad. 9 Narinig
ng taong ito si Pablo na nagsasalita. Itinuon ni Pablo ang
kaniyang mga mata sa kaniya at nakita niya na mayroon
siyang pananampalataya upang gumaling. 10 Kaya sinabi

niya sa kaniya ng malakas ang boses, "Tumayo ka." tumalon
ang lalaki at lumakad. **11** Nang makita ng maraming tao ang
ginawa ni Pablo, sumigaw sila ng malakas, nagsasalita sa
wikang Licaonia, "Ang mga diyos ay bumaba sa atin sa anyo
ng tao." **12** Tinawag nilang "Zeus," si Bernabe at "Hermes"
naman si Pablo dahil siya ang pangunahing tagapagsalita.
**13** Nagdala ng baka at koronang bulaklak sa tarangkahan
ang pari ni Zeus, na ang templo ay nasa labas lamang ng
lungsod; siya at ang maraming tao ay gustong mag-alay
ng handog. **14** Ngunit nang narinig ito ng mga apostol na
sina, Bernabe at Pablo, pinunit nila ang kanilang kasuotan
at agad na lumabas na sumisigaw sa maraming tao **15** na
sinasabi, "Mga tao, bakit ninyo ginagawa ang mga bagay
na ito? mga tao din kami na may damdamin tulad ninyo.
Dinala namin sa inyo ang mabuting balita, upang tumalikod
kayo sa mga bagay na walang halaga para sa Diyos na
buhay, na gumawa sa kalangitan, lupa, at nang dagat at ang
lahat ng mga naroon. **16** Sa mga nakalipas na panahon,
pinahintulutan niya ang lahat ng bansa na lumakad sa sarili
nilang kagustuhan. **17** Ngunit gayun pa man hindi niya
hinayaan ang kaniyang sarili na walang saksi, dahil doon
gumawa siya ng mabuti at ibinigay sa inyo ang mga ulan mula
sa langit at mabungang mga panahon, pinupuno ang inyong
mga puso ng pagkain at kagalakan." **18** Maging sa mga
salitang ito, napigilan nina Pablo at Bernabe ang pag-aalay
sa kanila ng maraming tao. **19** Ngunit ilang mga Judio mula
Antioquia at Iconio ang dumating at hinikayat ang maraming
tao. Binato nila si Pablo at kinaladkad palabas ng lungsod sa
pag-aakalang siya ay patay na. **20** Ngunit habang nakatayo
ang mga alagad sa palibot niya, tumayo siya at pumasok sa
lungsod. Nang sumunod na araw pumunta siya sa Derbe
kasama si Bernabe. **21** Pagkatapos nilang ipinangaral ang
ebanghelyo sa lungsod na iyon at magkaroon ng maraming
alagad, bumalik sila sa Listra, sa Iconio, at sa Antioquia. **22**
Ipinagpatuloy nilang palakasin ang isipan ng mga alagad
at hinikayat sila na magpatuloy sa pananampalataya.
Sinabi nila sa kanila na sa pamamagitan ng maraming
pagdurusa bago tayo makakapasok sa kaharian ng Diyos.
**23** Nang makapagtalaga sila ng mga nakatatanda sa bawat
kapulungan ng mga mananampalataya, at makapanalangin
na may pag-aayuno, ipinagkatiwala nila sila sa Panginoon
na kanilang pinaniniwalaan. **24** Pagkatapos, dumaan sila sa
Pisidia at dumating sa Panfilia. **25** Nang kanilang maihayag
ang salita sa Perga, umalis sila pababa ng Atalia. **26**
Mula doon naglayag sila patungong Antioquia kung saan
ipinagkatiwala nila sa biyaya ng Diyos ang gawaing kanilang
natapos. **27** Nang dumating sila sa Antioquia at sama-
samang tinipon ang kapulungan, ibinalita nila ang lahat
ng bagay na ginawa ng Diyos sa kanila at kung paanong
binuksan ng Diyos ang pintuan ng pananampalataya para sa
mga Gentil. **28** Nanatili sila ng mahabang panahon kasama
ng mga alagad.

**15** May ilang mga lalaki na bumaba galing sa Judea at
nagturo sa mga kapatid na nagsasabi "Maliban na kayo
ay magpatuli mula sa kaugalian ni Moises, kayo ay hindi
maliligtas." **2** Nang nakipagharap at nakipagtalo sa kanila
sina Pablo at Bernabe, nagpasiya ang mga kapatid na sina
Pablo, Bernabe, at ang ilan sa kanila ay kailangang pumunta
sa Jerusalem, sa mga apostol at sa mga nakatatanda
patungkol sa mga pinagtatalunan nila. **3** Kaya sila, na
pinadala ng iglesiya ay dumaan ng Fenicia at Samaria at
ipinahayag ang pagbabalik-loob ng mga Gentil. Nagdulot
sila ng lubos na kagalakan sa lahat ng kapatid. **4** Nang
dumating sila sa Jerusalem, sinalubong sila ng iglesia, ng
mga apostol at ng nakatatanda, at ipinahayag ang lahat ng
mabuting ginawa ng Diyos sa kanila. **5** Ngunit ilan sa mga
kalalakihan na nanampalataya, na kabilang sa pangkat ng
mga Pariseo ay tumayo at nagsabi, "Kinakailangan na sila
ay matuli at utusan sila na sundin ang kautusan ni Moises."
**6** Kaya nagtipon ang mga apostol at nakatatanda upang
pag-usapan ang bagay na ito. **7** Pagkatapos ng mahabang
pagtatalo, tumayo si Pedro at sinabi sa kanila "Mga kapatid,
alam ninyo na hindi pa nagtatagal ay pumili ang Diyos sa
inyo, na sa pamamagitan ng aking bibig kailangang marinig
ng mga Gentil ang salita ng ebanghelyo, at manampalataya.
**8** Ang Diyos na nakakaalam ng puso ay nagpatotoo sa
kanila, ibinibigay sa kanila ang Banal na Espiritu, katulad
ng ginawa niya sa atin; **9** at wala siyang tinangi sa atin at
sa kanila, ginawa niyang malinis ang kanilang mga puso
sa pamamamagitan ng pananampalataya. **10** Ngayon bakit
ninyo sinusubukan ang Diyos, na dapat kayong maglagay ng
pamatok sa leeg ng mga alagad na kahit ang ating mga ama
o maging tayo man ay hindi kayang makadala? **11** Ngunit
naniniwala tayo na tayo ay maliligtas sa pamamagitan ng
biyaya ng Panginoong Jesus, katulad nila." **12** Nanatiling
tahimik ang mga tao habang nakikinig kay Bernabe at Pablo
na ibinabalita ang mga tanda at himala na ginawa ng Diyos
sa mga Gentil sa pamamagitan nila. **13** Pagkatapos nilang
tumigil sa pagsasalita, sumagot si Santiago, na sinasabi
"Mga kapatid, makinig kayo sa akin. **14** Sinabi ni Simon kung
paano unang tinulungan ng may mapagmahal ng Diyos ang
mga Gentil upang kumuha mula sa kanila ng mga tao para
sa kaniyang pangalan." **15** Sumasang-ayon dito ang mga
salita ng mga propeta, katulad ng nasusulat, **16** 'Pagkatapos
ng mga bagay na ito, ako ay babalik, at itatayo ko muli
ang tolda ni David na bumagsak; aayusin ko at itatayong
muli ang mga guho nito, **17** upang ang mga natitirang mga
kalalakihan ay hanapin ang Panginoon, kasama ang lahat

na mga Gentil na tinawag sa aking pangalan.' 18 Ito ang sinasabi ng Panginoon, na siyang gumawa ng mga bagay na batid sa nagdaang kapanahunan. (aiōn g165) 19 Kaya, ang opinyon ko ay dapat huwag nating gambalain ang mga Gentil na nagbalik sa Diyos; 20 sa halip, sulatan natin sila na dapat silang lumayo sa karumihan ng mga diyus-diyosan, mula sa sekswal na imoralidad, at mula sa mga binigti at sa dugo. 21 Mula sa mga nagdaang salinhali may mga tao na nagpapahayag at nagbabasa ng katuruan ni Moises sa sinagoga tuwing Araw ng Pamamahinga". 22 Kaya't minabuti ng mga apostol at mga nakatatanda, kasama ang buong iglesia na piliin si Judas na tinatawag na Barsabas, at Silas, na mga pinuno ng iglesia upang ipadala sila sa Antioquia kasama ni Pablo at Bernabe. 23 Isinulat nila ito, "Ang mga apostol, mga nakatatanda at mga kapatid, sa mga kapatid na Gentil sa Antioquia, Siria at Cilicia, binabati ko kayo. 24 Nalaman namin na may ilang mga kalalakihan kung saan hindi kami nagbigay ng anumang utos ay pumunta sa inyo at nagbagabag sa inyo sa mga katuruang aming ipinahayag na nagbabagabag sa inyong mga kaluluwa. 25 Kaya minabuti naming lahat na magkaisa na pumili ng mga lalaki na papapuntahin namin sa inyo kasama sa aming mga minamahal na sina Pablo at Bernabe, 26 mga taong nagtaya ng kanilang mga buhay para sa ngalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo. 27 Kaya isinugo namin sa inyo sina Judas at Silas, na magsasabi din sa inyo ng gayon ding mga bagay. 28 Sapagkat minabuti namin at ng Banal na Espiritu na huwag kayong bigyan ng mabibigat na mga pasanin maliban sa mga bagay na ito na kinakailangan: 29 na talikuran ninyo ang bagay na naialay sa mga diyus-diyosan, sa dugo, sa mga binigti, at sa sekswal na imoralidad. Kapag nailayo ninyo ang inyong mga sarili sa mga ito, ikabubuti ninyoito. Paalam." 30 Kaya sila, nang sila ay pinauwi, pumunta sila sa Antioquia; pagkatapos nilang tipunin ang lahat ng tao, iniabot nila ang liham. 31 Nang mabasa nila ito, sila'y nagalak dahil sa pag-asa at lakas na ibinigay sa kanila. 32 Si Judas at Silas na mga propeta rin, ay pinatatag ang loob ng mga kapatiran sa marami nilang mga salita na nakapagpatibay sa kanila. 33 Pagkatapos nilang mamalagi ng ilang panahon doon, ay payapa silang pinauwi sa mga kapatid na nagsugo sa kanila. 34 (Ngunit minabuti ni Silas na magpaiwan doon.) 35 Ngunit si Pablo at Bernabe ay nanatili sa Antioquia kasama ng mga iba pa, na kung saan sila ay nagturo at nagpahayag ng salita ng Panginoon. 36 Lumipas ang ilang araw, sinabi ni Pablo kay Bernabe, "Balikan natin ngayon at dalawin ang ating mga kapatid sa bawat lungsod na kung saan ipinahayag natin ang salita ng Panginoon, at kumustahin ang kanilang kalagayan. 37 Nais ni Bernabe na isama si Juan na tinatawag ding Marcos. 38 Ngunit naisip ni Pablo na hindi mabuting isama si Marcos na nag-iwan sa kanila sa lugar ng Pamfilia at hindi na sumama sa kanilang gawain. 39 At sila ay nagkaroon ng matinding di pagkakaunawaan, kaya sila naghiwalay, isinama ni Bernabe si Marcos at naglayag sila papuntang Sayprus. 40 Pinili naman ni Pablo si Silas at sila'y umalis pagkatapos siyang ipagkatiwala ng mga kapatiran sa biyaya ng Panginoon. 41 At siya pumunta patungong Siria at Cilicia, na pinagtitibay ang mga iglesiya.

**16** Nakarating din si Pablo sa Derbe at Listra, at masdan ito, naroon ang isang alagad na nagngangalang Timoteo, anak ng isang babaeng Judio na mananampalataya; ang kaniyang ama ay isang Griego. 2 Maganda ang sinasabi tungkol sa kaniya ng mga kapatiran na taga Listra at Iconio. 3 Gusto ni Pablo na makasama siya sa paglalakbay; kaya siya ay isinama niya at tinuli dahil sa mga Judio na nasa lugar na iyon, sapagkat alam nilang lahat na ang kaniyang ama ay isang Griego. 4 Nang sila ay patungo na sa mga lungsod, inihatid nila sa mga Iglesia ang mga tagubilin upang kanilang sundin, mga tagubilin na isinulat ng mga apostol at ng mga nakatatanda sa Jerusalem. 5 Kaya napalakas sa pananampalataya ang mga iglesia at dumami ang kanilang bilang araw-araw. 6 Tumungo si Pablo at ang kaniyang mga kasama sa mga lupain ng Frigia at Galacia, dahil hindi pinahintulutan ng Banal na Espiritu na mangaral sila ng salita ng Diyos sa probinsiya ng Asia. 7 Nang malapit na sila sa Misia, ninais nila na tumungo sa Bitinia, ngunit hindi sila pinahintulutan ng Espiritu ni Jesus. 8 Kaya ng makalampas sila sa Misia, tumungo sila sa lungsod ng Troas. 9 Isang pangitain ang nakita ni Pablo ng gabing iyon: may isang lalaki na Macedonia ang nakatayo doon na tumatawag sa kaniya at nagsasabing, "Tumungo kayo dito sa Macedonia at tulungan kami." 10 Nang makita ni Pablo ang pangitain, nagmamadali kaming pumunta sa Macedonia, pinatutunayan na tinawag kami ng Diyos upang ipangaral ang ebanghelyo sa kanila. 11 Pagkalayag namin galing ng Troas, dumiretso kami sa Samotracia at nang sumunod na araw kami ay dumating sa Neapolis; 12 Mula roon ay pumunta kami sa Filipos, isang lungsod ng Macedonia, ang pinakamahalagang lungsod sa distrito at nasasakupan ng Roma, at nanatili kami sa lungsod na ito ng ilang araw. 13 Nang Araw ng Pamamahinga lumabas kami sa tarangkahan sa may tabi ng ilog, na kung saan naisip namin na may lugar doon upang manalangin. Naupo kami at nakipag usap sa mga nagtipon-tipon na mga babae. 14 May isang babae na nagngangalang Lidia ang nagbebenta ng mga tela na kulay lila na nanggaling sa lungsod ng Tiatira na sumasamba sa Diyos, nakinig siya sa amin. Binuksan ng Panginoon ang kaniyang puso upang bigyangpansin ang mga bagay na sinabi ni Pablo. 15 Nang mabautismuhan siya at ang kaniyang sambahayan,

hinikayat niya kami, at nagsasabing, “Kung itinuturing ninyo
na ako ay matapat sa Panginoon, pumunta kayo sa aking
bahay, at manatili roon.” At nahikayat niya kami. **16** Nangyari
nga, habang kami ay patungo sa lugar ng panalanginan,
nasalubong namin ang isang batang babae na may espritu
ng panghuhula. Nagdadala siya sa kaniyang mga amo ng
maraming pakinabang sa pamamagitan ng panghuhula. **17**
Sumunod ang babaeng ito kay Pablo at sa amin at sumigaw,
na nagsasabing, “Ang mga taong ito ay mga lingkod ng
Kataas-taasang Diyos. Nagpapahayag sila sa inyo ng daan
ng kaligtasan.” **18** Ginawa niya ito sa loob ng maraming
araw. Ngunit si Pablo nang lubhang nainis sa kaniya ay
lumingon at sinabi sa espiritu, “Inuutos ko saiyo sa pangalan
ni Jesu Cristo lumabas ka sa kaniya.” At agad itong lumabas.
**19** Nang makita ng kaniyang mga amo na ang kanilang pag-
asa sa pinag kakakitaan ay nawala, sinunggaban nila si
Pablo at Silas at kinaladkad sila sa pamilihan at iniharap
sa mga may kapangyarihan. **20** Nang dinala sila sa mga
hukom, sinabi nilang, “Judio ang mga taong ito at sila ay
gumagawa ng maraming kaguluhan sa ating lungsod. **21**
Nagtuturo sila ng mga bagay na hindi naaayon sa ating
batas upang tanggapin o gawin bilang mga Romano.” **22**
At nagkaisa ang napakaraming tao laban kina Pablo at
Silas; Pinunit ng mga hukom ang kanilang mga damit at
nag-utos na hampasin sila ng pamalo. **23** Nang mapalo na
sila ng maraming beses, ipinatapon sila sa bilangguan at
inutusan ang bantay ng bilangguan na sila ay bantayang
maigi. **24** Pagkatapos niyang matanggap ang utos na ito,
pinasok sila ng bantay sa kaloob-looban ng bilangguan
at ikinadena ang kanilang paa sa pagitan ng dalawang
mabibigat na kahoy. **25** Nang maghahating gabi na sina
Pablo at Silas ay nananalangin at umaawit ng mga himno
sa Diyos, at nakikinig ang ibang bilanggo sa kanila. **26**
Biglang may malakas na lindol, kaya't ang mga pundasyon
ng bilangguan ay nayanig; at agad nagbukas ang lahat
ng mga pintuan, at nakalas ang kadena ng bawat isa. **27**
Nagising ang bantay sa kaniyang pagkakatulog at nakitang
bukas ang mga pintuan ng bilangguan; hinugot niya ang
kaniyang espada at magpapakamatay na sana, dahil inakala
niyang nakatakas ang mga bilanggo. **28** Ngunit sumigaw si
Pablo ng may malakas na boses na nagsasabing, “Huwag
mong saktan ang iyong sarili, narito kaming lahat.” **29**
Humingi ng ilaw ang bantay ng bilangguan at nagmamadaling
pumasok na nanginginig sa takot at nagpatirapa kina Pablo
at Silas, **30** at inilabas sila at nagsabing, “Mga ginoo, ano
ang dapat kong gawin upang maligtas?” **31** Sinabi nila
sa kaniya, “Manampalataya ka sa Panginoong Jesus at
ikaw ay maliligtas, ikaw at ang buo mong sambahayan.” **32**
Ipinahayag nila ang salita ng Panginoon sa kaniya, kasama
ang lahat sa kaniyang tahanan. **33** Nang gabing iyon kinuha
sila ng bantay ng bilanguan sa oras ding iyon at hinugasan
ang kanilang mga sugat at siya at ang lahat ng kaniyang
sambahayan ay agad na nabautismuhan. **34** Dinala niya si
Pablo at Silas sa kaniyang tahanan at naghain ng pagkain
para sa kanila. Siya ay lubhang nagalak kasama ang lahat
ng kaniyang sambahayan, dahil lahat sila ay nanampalataya
sa Diyos. **35** Nang umaga na, nagpaabot ang mga hukom
ng pahayag sa mga bantay, na nagsasabing, “Hayaan na
ninyong makalaya ang mga lalaking iyon.” **36** Ibinalita ng
bantay ang mensahe kay Pablo, na nagsasabing, “Ang
mga hukom ay nagpaabot ng mensahe sa akin na kayo ay
palayain na; kaya ngayon ay lumabas na kayo at humayo
na may kapayapaan.” **37** Ngunit sinabi ni Pablo sa kanila,
“Hayagan nila kaming hinampas, mga Romano kaming
hindi nahatulan at pinatapon kami sa bilangguan; at ngayo'y
palalayain kami ng lihim? Hindi maaari; hayaan ninyo sila
mismo ang pumarito at dalhin tayo palabas.” **38** Binalita ng
mga bantay ang mga salitang ito sa mga hukom; natakot
ang mga hukom nang kanilang marinig na sina Pablo
at Silas ay mga Romano. **39** Dumating ang mga hukom
at nagmakaawa sa kanila; at nang inilabas nila sila sa
bilangguan, pinakiusapan nila si Pablo at si Silas na umalis
na sa lungsod. **40** Kaya lumabas na ng bilangguansina
Pablo at Silas at nagtungo sa bahay ni Lidia. Nang makita
nina Pablo at Silas ang mga kapatid, pinalakas nila ang
kanilang kalooban at sila ay umalis mula sa lungsod.

**17** Ngayon nang dumaan sila sa mga bayan ng Amfipolis
at Apolonia, sila ay dumating sa bayan ng Tesalonica,
kung saan ay mayroong isang sinagoga ng mga Judio. **2**
Tulad ng nakagawian ni Pablo, pumunta siya sa kanila, at sa
tatlong araw ng sabbath ay nangatwiran sa kanila mula sa
mga kasulatan. **3** Binubuksan niya ang mga kasulatan at
nagpapaliwanag na kinakailangan ng Cristo na magdusa
at muling mabuhay mula sa mga patay. Sinabi niya, “Itong
si Jesus na aking ipinapahayag sa inyo ay ang Cristo.”
**4** May ilang mga Judio ang nahikayat at sumama kina
Pablo at Silas, pati na rin ang mga debotong Griego,
mga kilalang kababaihan, at lubhang napakaraming tao. **5**
Ngunit nang dahil sa inggit, ang mga hindi naniniwalang
mga Judio ay kumuha ng mga masasamang tao mula sa
pamilihan, nagsama-sama sila upang manggulo sa lungsod.
Pinasok nila ang bahay ni Jason dahil nais nilang iharap
sina Pablo at Silas sa mga tao. **6** Ngunit nang hindi nila
sila matagpuan, kinaladkad nila si Jason at ang iba pang
mga kapatid sa harapan ng mga pinuno ng lungsod na
sumisigaw “Pumunta rito ang mga lalaking ito na nagdulot
ng kaguluhan.” **7** Itong mga lalaking tinanggap ni Jason ay
sumasalungat laban sa mga kautusan ni Ceasar; sinasabi

nilang mayroong pang ibang hari - si Jesus." 8 Nang marinig
ng karamihan at ng mga pinuno ng lungsod ang mga bagay
ito, sila ay nabagabag. 9 Pagkatapos nilang makuha ang
perang pambayad mula kay Jason at sa kasamahan niya
pinalaya na nila sila. 10 Nang gabing iyon pinapunta ng
mga kapatid sina Pablo at Silas sa Berea. Nang makarating
sila roon, nagpunta sila sa sinagoga ng mga Judio. 11
Ngayon ang mga taong ito ay mas matalino kaysa sa mga
taga Tesalonica, dahil tinanggap nila ang salita nang may
kahandaan ng isip, nagsasaliksik ng mga kasulatan araw
araw, upang makita kung ang mga bagay na ito ay totoo. 12
Kaya naman marami sa kanila ang nanampalataya, kabilang
ang ilang mga kilalang kababaihang Griego at maraming
kalalakihan. 13 Ngunit nang mapag-alaman ng mga Judio na
taga Tesalonica na nagpapahayag si Pablo ng Salita ng Dios
sa Berea, nagpunta sila doon at niligalig at ginulo nila ang
mga tao. 14 Pagkatapos, agad - agad na pinapunta ng mga
kapatid si Pablo papunta doon sa dagat, ngunit nanatili sina
Silas at Timoteo doon. 15 Dinala si Pablo ng mga naghatid
sa kaniya hanggang sa lungsod ng Atenas. Nang sila ay
papaalis na doon, nagbilin sa kanila si Pablo, na papuntahin
sina Silas at Timoteo sa kaniya sa lalong madaling panahon.
16 Ngayon habang nag-aantay si Pablo sa kanila sa Atenas,
nabagabag ang kaniyang espiritu nang kaniyang makita
na ang lungsod ay puno ng mga diyus-diyosan. 17 Kaya
nangatwiran siya sa mga Judio sa sinagoga at sa mga
sumamba sa Diyos at maging sa mga nakikipagkita sa
kaniya sa pamilihan araw-araw. 18 Ngunit mayroong din
mga pilosopong Epicureo at Estoico na kaniyang nakaharap.
At may mga nagsabi, "Ano ang nais sabihin ng madaldal na
ito?" sabi ng iba, "Parang mangangaral siya ng ibang diyos,"
dahil nangangaral siya tungkol kay Jesus at nang muling
pagkabuhay. 19 Dinala nila si Pablo papunta sa Areopago
na sinasabing, "Maaari ba naming malaman ang bagong
katuruan na iyong sinasabi? 20 Sapagkat naghatid ka ng
kakaibang bagay sa aming tainga. Kaya nga, nais naming
malaman ang kahulugan ng mga ito. 21 (Ngayon lahat
ng mga taga Atenas at mga dayuhang nakatira doon ay
ginugugol lamang ang kanilang panahon sa pagkukwento o
pakikinig tungkol sa mga bagay na bago.) 22 Kaya tumayo si
Pablo sa kalagitnaan ng Aeropago at nagsabi, "Kayong mga
taga-Atenas, nakita ko na kayo ay napakarelihiyoso sa lahat
ng paraan. 23 Sapagkat sa aking pagdaraan at pagmamasid
sa mga bagay na inyong sinasamba, natagpuan ko ang
isang altar na may naka-ukit na ganito, "SA DIYOS NA HINDI
NAKIKILALA ". Ang sinasamba ninyo na hindi nakikilala ang
aking ipinapahayag sa inyo. 24 Ang Diyos na lumikha ng
mundo at ng lahat ng naroon, dahil siya ang Panginoon ng
langit at lupa, ay hindi nananahan sa mga templo na itinayo
ng mga kamay. 25 Hindi rin siya pinagsilbihan ng mga kamay
ng tao, na para bang kailangan niya ang anuman, dahil siya
mismo ang nagbigay ng buhay sa tao at hininga at lahat ng
iba pang mga bagay. 26 At mula sa isang tao ay nilikha
niya ang bawat lahi ng mga taong nabubuhay sa ibabaw ng
mundo, itinakda niya ang kanilang mga kapanahunan at
ang hangganan ng kanilang tinitirahan. 27 Kaya nga dapat
nilang hanapin ang Diyos at baka sakaling maabot siya at
matagpuan at sa katunayan, hindi siya malayo sa bawat isa
sa atin. 28 Dahil sa kaniya tayo ay nabubuhay at gumagalaw,
at mayroong pagkatao, gaya nga ng sabi ng inyong mga
makata, 'Dahil tayo rin ay kaniyang anak.' 29 Dahil tayo ay
anak ng Diyos, hindi natin dapat isipin na ang pagkadiyos ay
tulad ng ginto o pilak o mga batong nilikha ng kaisipan ng
tao. 30 Kaya nga, pinalampas ng Diyos ang panahon na
hindi siya kinilala, ngunit ngayon inuutusan niya ang lahat ng
mga tao sa lahat ng dako na magsisi. 31 Ito ay dahil itinakda
na niya ang araw kung kailan niya hahatulan ang mundo
sa katuwiran sa pamamagitan ng taong kaniyang pinili.
Pinatunayan ito ng Diyos sa lahat ng tao, sa pamamagitan
ng pagbuhay sa kaniya sa mga patay." 32 Ngayon nang
marinig ng mga kalalakihan ng Atenas ang tungkol sa muling
pagkabuhay sa mga patay, kinutya ng iba si Pablo; ngunit
sinabi ng iba, "Pakikinggan ka naming muli tungkol sa mga
bagay na ito." 33 Pagkatapos niyon, iniwan sila ni Pablo.
34 Ngunit may ilang mga lalaking sumama sa kaniya at
nanampalataya, kabilang si Dionisio na Areopagita, isang
babaing nagngangalang Damaris at iba pang kasama nila.

**18** Pagkatapos mangyari ng mga bagay na ito si Pablo ay
umalis sa Atenas at pumunta sa Corinto. 2 Natagpuan
niya doon ang isang Judio na ang pangalan ay Aquila na
nagmula sa Punto na kagagaling lamang ng Italya, kasama
si Priscila na kaniyang asawa, dahil pinag-utos ni Claudio na
lahat ng Judio ay umalis ng Roma. Pumunta si Pablo sa
kanila; 3 Namuhay at nagtrabaho si Pablo kasama nila dahil
siya ay katulad din nila. Mga manggagawa ng tolda. 4 Kaya
nangangatwiran si Pablo sa loob ng sinagoga tuwing Araw
ng Pamamahinga. Hinikayat niya ang mga Judio at mga
Griyego. 5 Ngunit nang dumating sina Silas at Timoteo sa
Macedonia, Inudyukan ng Espiritu si Pablo na magpatotoo sa
mga Judio na si Jesus ang Kristo. 6 Nang hindi sumang-ayon
ang mga Judio at siya ay nilait, pinagpag ni Pablo sa kanila
ang kaniyang kasuotan at sinabi sa kanila, "Ang inyong dugo
ay sumainyong sariling mga ulo; wala akong kasalanan.
Simula ngayon sa mga Gentil na ako pupunta." 7 At siya ay
umalis at nagpunta sa tahanan ni Ticio Justu, isang lalaking
sumasamba sa Diyos. Ang kaniyang tahanan ay nasa tabi
ng sinagoga. 8 Si Crispo na namumuno sa sinogoga at lahat
sa kaniyang sambahayan ay nanampalataya sa Panginoon.

Marami sa mga taga-Corinto na nakarinig kay Pablo ay
nanampalataya at nabautismuhan. 9 Isang gabi sinabi ng
Panginoon kay Pablo sa isang pangitain, “Huwag kang
matakot, kundi magsalita ka at huwag kang manahimik. 10
Dahil kasama mo ako, at walang sinumang magtatangkang
manakit sa iyo, dahil marami akong tao sa lungsod na ito.”
11 Tumira doon si Pablo ng isang taon at anim na buwan,
Nagtuturo ng salita ng Diyos sa kanilang kalagitnaan. 12
Ngunit nang si Galio ay naging Gobernador ng Acaya, sama-
samang nag alsa ang mga Judio laban kay Pablo at dinala
siya sa harap ng hukuman; 13 sinabi nila, “Ang lalaking ito
ay nanghihikayat sa mga tao na sumamba sa Diyos na
labag sa batas.” 14 Ngunit nang magsasalita na si Pablo,
sinabi ni Galio sa mga Judio, “kayong mga Judio, kung
totoo man na ito ay tungkol sa isang pagkakamali o isang
krimen, nararapat lamang na harapin ko kayo. 15 Ngunit
dahil ito ay mga katanungan lamang tungkol sa mga salita at
mga pangalan at sarili ninyong batas, lutasin ninyo ito sa
inyong mga sarili. Hindi ko gustong maging hukom ng mga
bagay na ito.” 16 Pinaalis sila ni Galio sa hukuman. 17 Kaya
sinunggaban nila si Sostenes na pinuno ng mga sinagoga
at binugbog siya sa harapan ng hukuman. Ngunit hindi
pinansin ni Galio ang kanilang ginawa. 18 Matapos manatili
doon ni Pablo ng marami pang mga araw, iniwanan ang mga
kapatid at naglayag papunta ng Siria kasama sina Priscila at
Aquila. Bago siya umalis sa daungan ng Cencrea, ipinaahit
niya ang kaniyang ulo dahil sa kaniyang panatang Nazaro.
19 Nang dumating sila sa Efeso, iniwan niya sina Priscila at
Aquila doon, ngunit siya mismo ay nagpunta sa sinagoga
at nangatuwiran sa mga Judio. 20 Nang tanungin nila si
Pablo na manatili pa ng mas mahabang panahon, tumanggi
siya. 21 Ngunit ng siya ay paalis na, sinabi niya, “Babalik
akong muli sa inyo kung kalooban ng Diyos.” Kaya siya ay
naglayag mula sa Efeso. 22 Nang makadaong si Pablo sa
Caesarea, umakyat siya at binati ang iglesia sa Jerusalem
at pagkatapos ay bumaba siya sa Antioquia. 23 Pagkatapos
niyang manatili doon ng ilang panahon, umalis si Pablo at
nagpunta sa mga rehiyon ng Galatia at Phyrgia at pinalakas
ang lahat ng mga disipulo. 24 Ngayon, may isang Judio na
nagngangalang Apollos na ipinanganak sa Alexandria, ang
nagpunta sa Efeso. Mahusay siyang mangusap at bihasa sa
mga kasulatan. 25 Naturuan si Apollos sa mga katuruan ng
Panginoon. Sa pagiging maalab sa espiritu, nagsalita siya at
nagturo nang wasto tungkol sa mga bagay ukol kay Jesus,
ngunit tungkol lamang sa baustismo ni Juan ang kaniyang
nalalaman. 26 Nagsimulang magsalita si Pablo nang may
katapangan sa sinagoga. Ngunit nang marinig siya nina
Priscila at Aquila, kinaibigan nila siya at ipinaliwanag sa
kaniya ang paraan ng Diyos ng mas mabuti. 27 Nang ninais
niyang dumaan sa Acaya, pinalakas ng mga kapatiran ang
kaniyang loob at sumulat sa mga disipulo sa Acaya upang
siya ay tanggapin. Nang dumating siya, tinulungan niya ng
labis ang mga nanampalataya sa pamamagitan ng biyaya.
28 Lubhang dinaig ni Apolos sa publiko ang mga Judio taglay
ang kaniyang kapangyarihan at kahusayan, ipinapakita sa
pamamagitan ng mga kasulatan na si Jesus nga ang Cristo.

**19** At nang si Apolos ay nasa Corinto, dumaan si Pablo
sa mga matataas na lupain at nakarating sa lungsod
ng Efeso, at natagpuan niya ang ilang alagad doon. 2
Sinabi ni Pablo sa kanila, “Tinanggap ba ninyo ang Banal
na Espiritu nang kayo ay manampalataya?” Sinabi nila sa
kaniya, “Hindi, hindi man lang namin narinig ang tungkol sa
Banal na Espiritu.” 3 Sinabi ni Pablo, “Kung gayon saan
kayo nabautismuhan?” Sinabi nila, “Sa bautismo ni Juan.” 4
Kaya sumagot si Pablo, “Nagbautismo si Juan kasama ang
bautismo ng pagsisisi. Sinabi niya sa mga tao na dapat silang
manampalataya sa darating na kasunod niya, kay Jesus.” 5
Nang narinig ito ng mga tao, nabautismuhan sila sa pangalan
ng Panginoong Jesus. 6 At nang ipatong ni Pablo ang
kaniyang kamay sa kanila, ang Banal na Espiritu ay bumaba
sa kanila at sila ay nagsalita ng iba't ibang mga wika at
nagpahayag ng propesiya. 7 mga labindalawang kalalakihan
silang lahat. 8 Pumunta si Pablo sa sinagoga at matapang
na nagsalita sa loob ng tatlong buwan. Pinangungunahan
niya ang mga pagpapaliwanag at panghihikayat sa mga tao
tungkol sa mga bagay patungkol sa Kaharian ng Diyos. 9
Ngunit nang ang ilan sa mga Judio ay nagmamatigas at hindi
sumusunod, nagsimula silang magsalita ng masama sa daan
ni Cristo sa harap ng maraming tao. Kaya iniwan sila ni Pablo
at pinangunahan niya ang mga mananampalataya palayo sa
kanila. Nagsimula siyang magsalita araw-araw sa loob ng
bulwagan ng Tiranus. 10 Nagpatuloy ito ng dalawang taon,
lahat ng mga taong nakatira sa Asia ay nakarinig ng Salita
ng Panginoon, maging Judio o Griego. 11 Gumagawa ang
Diyos ng mga kamangha-manghang gawa sa pamamagitan
ng mga kamay ni Pablo, 12 upang maging ang mga may
sakit ay gumaling, at ang mga masasamang espiritu ay
lumabas mula sa kanila, nang makakuha sila ng mga panyo
at epron mula sa katawan ni Pablo. 13 Ngunit may mga
Judio na nagpapalayas ng mga masasamang espiritu ang
naglalakbay sa lugar na ginagamit ang pangalan ni Jesus
para sa kanilang pansariling nais. Sila ay nagsalita sa mga
nasapian ng mga masasamang espiritu; sinabi nilang, Mula
sa pagpapahayag ni Pablo inuutusan kita sa pamamagitan
ni Jesus na ipinapangaral ni Pablo, lumayas ka.” 14 Ang
mga gumawa nito ay ang pitong anak ng punong pari ng
mga Hudyo, na si Esceva. 15 Sumagot ang masamang
espiritu sa kanila, “Kilala ko si Jesus at kilala ko si Pablo;

ngunit sino kayo?" 16 Lumundag ang masamang espiritu
sa mga nagpalayas ng masamang espiritu at tinalo sila at
sinaktan. Pagkatapos tumakas sila palabas sa bahay na
iyon na walang damit at sugatan. 17 Nalaman ito ng lahat,
maging mga Judio at Griego na nanirahan sa Efeso. Natakot
sila ng labis at naparangalan ang pangalan ng Panginoong
Jesus. 18 Gayon din, marami sa mga mananampalataya
ang dumating na nagsabi at umamin ng kanilang mga
kasamaang ginawa. 19 Marami sa mga gumagawa ng
salamangka ang nagdala ng kanilang mga libro at sinunog
nila sa paningin ng lahat. Nang bilangin nila ang halaga
nito, ito ay nagkakahalaga ng limampung libong piraso ng
pilak. 20 Kaya't ang salita ng Panginoon ay lumaganap sa
makapangyarihang paraan. 21 Ngayon nang natapos ni
Pablo ang kaniyang ministeryo sa Efeso, nagpasya siya
sa Espiritu na dumaan sa Macedonia at Acaya patungong
Jerusalem; sinabi niya, "Pagkagaling ko roon, kailangan ko
ring makita ang Roma." 22 Pinadala ni Pablo ang dalawa sa
kaniyang mga alagad sa Macedonia, si Timoteo at Erasto,
na tumulong sa kaniya. Ngunit siya ay nanatili muna sa
Asia ng kaunting panahon. 23 At nagkaroon ng malaking
kaguluhan sa panahong iyon Efeso patungkol sa Daan.
24 May isang magpapanday ng pilak na nagngangalang
Demetrio, na gumagawa ng imahe ni Diana na pilak, na
nagbibigay ng malaking negosyo sa mga nagpapanday.
25 Kaya tinipon niya ang mga manggagawa sa trabahong
iyon, at sinabi, "Mga Ginoo, alam ninyo na sa negosyong ito
tayo kumikita ng malaking halaga. 26 Nakikita at naririnig
ninyo iyon, hindi lang sa Efeso, ngunit halos sa buong Asia.
Ang Pablong ito ay nanghikayat at nagpalayo ng maraming
tao. Sinasabi niya na walang mga diyos-diyosan na gawa
sa mga kamay. 27 At hindi lamang iyon ang panganib na
ang mga kalakal natin ay hindi na kakailanganin, subalit
pati narin ang templo ng dakilang diyosang si Diana ay
maaring mawalan ng halaga. At mawawalan din siya ng
kadakilaan, na siyang sinasamba ng buong Asia at ng
buong mundo." 28 Nang marinig nila ito, napuno sila ng
galit at sumigaw na nagsasabi, "Dakila si Diana ng mga
taga- Efeso." 29 Napuno ng kaguluhan ang buong lungsod,
at ang mga tao ay sama-samang nagmadali papunta sa
tanghalan. At dinampot nila ang mga kasamahan ni Pablo sa
paglalakbay na sina Gaius at Aristarco, na taga-Macedonia.
30 Nais ni Pablo na pumasok sa gitna ng napakaraming tao,
ngunit pinigilan siya ng mga alagad. 31 Maging ang ilan
sa mga opisyal ng probinsiya ng Asia na kaniyang mga
kaibigan ay nagpadala ng mensahe na nakikiusap na huwag
siyang tumuloy sa tanghalan. 32 Ang ibang mga tao ay
sumisigaw ng isang bagay, at ang ilan ay naman, sapagkat
nalito ang mga tao. Karamihan sa kanila ay hindi alam kung
bakit sila nagkatipon-tipon doon. 33 Dinala ng mga Judio
si Alejandro palabas sa maraming tao, ihinarap siya sa
mga tao. Si Alejandro ay nagsenyas ng kaniyang kamay
upang magbigay ng paliwanag sa mga tao. 34 Ngunit nang
malaman nila na siya ay isang Judio, sumigaw silang lahat
ng may iisang tinig sa loob ng dalawang oras, "Dakila si
Diana ng mga taga Efeso." 35 Nang patahimikin ng kalihim
ng bayan ang mga tao, sinabi niya, "Kayong mga taga-
Efeso, sino ba naman ang hindi nakakaalam na ang lungsod
ng mga taga Efeso ay tagapag-ingat ng templo ng dakilang
Diana at ng kaniyang imahe na nahulog mula sa langit?
36 Nakikita naman natin na ang mga bagay na ito ay hindi
maitatanggi, kinakailangan na kayo ay manahimik at huwag
maging pabigla-bigla. 37 Sapagkat dinala ninyo ang mga
lalaking ito sa hukumang ito na hindi magnanakaw sa templo
o nagsasalita ng masama sa ating diyosa. 38 Kaya, kung si
Demetrio at ang mga manggagawa na kasama niya ay may
reklamo laban sa sinuman, bukas ang hukuman at nandiyan
ang mga gobernador. Hayaan ninyo na akusahan nila ang
isat isa. 39 Ngunit kung naghahanap kayo ng kasagutan sa
anumang bagay, ito ay maaring maayos sa pagpupulong.
40 Kung gayon tayo ay nanganganib na maakusahan sa
nangyaring kaguluhan sa araw na ito. Walang dahilan para
sa kaguluhang ito, at hindi natin kayang ipaliwanag ito." 41
Nang sabihin niya ito, tinapos na niya ang pagpupulong.

**20** Nang tumigil na ang kaguluhan, ipinatawag ni Pablo
ang mga alagad at pinalakas ang kanilang loob.
Pagkatapos nagpaalam siya sa kanila at umalis papuntang
Macedonia. 2 Nang mapuntah niya ang mga rehiyong iyon
at labis na mapalakas ang loob ng mga mananampalataya,
pumunta siya sa Grecia. 3 Pagkatapos niyang namalagi ng
tatlong buwan doon, may nabuong masamang balak ang
mga Judio laban sa kaniya nang siya ay maglalayag sa Siria,
kaya nagpasiya siya na bumalik sa Macedonia. 4 Sinamahan
siya hanggang sa Asia nina Sopater na anak ni Pirro mula
sa Berea; Aristarco at Segundo, na mga mananampalataya
na nagmula sa Tesalonica; ni Gayo na nagmula sa Derbe;
Timoteo; Tiquico at Trofimo mula sa Asia. 5 Ngunit nauna ang
mga kalalakihang ito at hinintay kami sa Troas 6 Naglayag
kami mula Filipos pagkatapos ng mga araw ng tinapay na
walang lebadura, at sa loob ng limang araw ay nakarating
kami sa Troas. Nanatili kami doon ng pitong araw. 7 Sa
unang araw ng linggo, nang kami ay nagtipun-tipon upang
pagpira-pirasuhin ang tinapay, nagsalita si Pablo sa mga
mananampalataya. Binabalak niyang umalis kinabukasan,
kaya patuloy siyang nagsalita hanggang hating gabi. 8 May
maraming mga ilawan sa itaas ng silid kung saan kami
nagtipun-tipon. 9 May isang binata na nakaupo sa bintana
na nagngangalang Eutico, na nakatulog ng mahimbing.

Habang tumatagal ang pangangaral ni Pablo, patuloy parin
sa pagtulog ang binatang ito, nahulog mula sa pangatlong
palapag at kinuha siyang patay. **10** Ngunit bumaba si Pablo,
dumapa sa kaniya at yinakap siya. At sinabi niya “Wag
kayong mag-alala, dahil siya ay buhay.” **11** Pagkatapos
umakyat siya sa itaas at pinag-piraso ang tinapay at kumain.
Pagkatapos niyang makipag-usap sa kanila hanggang
madaling-araw, siya ay umalis. **12** Naibalik nila ang binata ng
buhay at naging panatag ang kanilang kalooban. **13** Nauna
kaming pumunta kay Pablo sa pamamagitan ng barko at
naglayag papuntang Ason, kung saan namin binalak isakay
si Pablo. Ito ang ninais niyang gawin, dahil binalak niyang
maglakbay sa lupa. **14** Nang nakasalubong namin siya sa
Ason, isinama namin siya sa barko at nagpunta sa Mitilene.
**15** At naglayag kami mula doon at nakarating kinabukasan
sa kabilang pulo ng Quio. Sa sumunod na araw nakarating
kami sa pulo ng Samos, at pagkalipas ng isang araw,
nakarating kami sa lungsod ng Mileto. **16** Sapagka't ipinasya
ni Pablo na lumampas ng Efeso, upang hindi siya maglaan
ng ilang araw sa Asia; sapagkat nagmamamadali siyang
makarating sa Jerusalem para sa araw ng Pentecostes,
kung ang lahat na ito'y makaya niyang gawin. **17** Mula
Mileto, nagpadala siya ng mga kalalakihan sa Efeso at
pinatawag niya mismo ang mga nakatatanda ng iglesia. **18**
Nang dumating sila sa kaniya, sinabi niya sa kanila, “Kayo
mismo ang nakakaalam, na mula pa noong unang araw na
tumungtong ako sa Asia, palagi akong naglalaan ng oras
kasama kayo. **19** Patuloy akong naglilingkod sa Panginoon
ng buong pagpapakumbaba ng isip at may luha, at sa
mga pagdurusang naranasan ko dahil sa mga masamang
balak ng mga Judio. **20** Alam ninyo na hindi ko ipinagkait
na ituro sa inyo ang mga bagay na nakatutulong, at kung
paano ko kayo tinuruan sa publiko at pumunta din ako sa
mga bahay-bahay. **21** Alam ninyo na lagi kong binabalaan
ang mga Judio at mga Griego tungkol sa pagsisisi sa
Diyos at pananalig sa ating Panginoong Jesus. **22** Ngayon,
tingnan ninyo, pupunta ako na natatali sa Banal na Espiritu
patungong Jerusalem, na hindi nalalaman kung ano ang
mangyayari sa akin doon, **23** maliban sa pagpapatotoo sa
akin ng Banal na Espiritu sa bawat lungsod at magsabing
naghihintay sa akin ang mga kadena at pagdurusa. **24**
Ngunit hindi ko itinuturing na mahalaga ang aking buhay
para sa aking sarili, upang matapos ko ang aking pagtakbo
at ang ministeryong tinanggap ko mula sa Panginoong
Jesus, na magpatotoo sa ebanghelyo ng biyaya ng Diyos.
**25** Ngayon, tingnan ninyo, nalalaman ko na kayong lahat, na
pinuntahan ko at ipinangaral ang patungkol sa kaharian,
hindi na ninyo makikita pang muli ang aking mukha. **26**
Kaya nga pinatotohanan ko sa inyo sa araw na ito, na ako'y
walang sala sa dugo ng sinumang tao. **27** Dahil hindi ko
ipinagkait sa inyo ang pagpapahayag ng lahat ng kalooban
ng Diyos. **28** Kaya mag-ingat kayo sa inyong mga sarili, at
tungkol sa mga kawan na pinamahala ng Banal na Espiritu
sa inyo. Pag-ingatan ninyo ang kawan sa kapulungan ng
Panginoon, na tinubos ng kaniyang sariling dugo. **29** Alam
ko na pagkatapos ng aking pag-alis, papasukin kayo ng
mabagsik na mga lobo, at walang ititira sa kawan. **30** Alam
ko na kahit sa inyong mga sarili, may ilang mga tao na lilitaw
at magsasabi ng masasamang mga bagay, upang ilayo
ang mga alagad sa kanila. **31** Kaya maging mapagbantay.
Alalahanin ninyo na sa loob ng tatlong taon, hindi ako tumigil
sa pagtuturo sa inyo na may kasamang luha sa araw at gabi.
**32** At ngayon ipinagkatiwala ko kayo sa Diyos, at sa salita
ng kaniyang biyaya, na makapagpapatibay at magbigay sa
inyo ng mana kasama sa lahat ng mga taong nakalaan sa
Diyos. **33** Hindi ko pinagnasahan ang pilak, ginto o damit
ng ibang tao. **34** Alam ninyo na itong mga kamay na ito
ang naglingkod para sa aking sariling pangangailangan at
maging sa pangangalingan ng aking mga kasama. **35** Sa
lahat ng bagay nagbigay ako ng halimbawa kung paano
ninyo dapat tulungan ang mga mahihina sa pamamagitan
ng pagtratrabaho at kung paano ninyo dapat maalala ang
salita ng Panginoong Jesus, mga salita na siya mismo
ang nagsabi: “Mas mapalad ang nagbibigay kaysa sa
tumatanggap.” **36** Pagkatapos niyang magsalita sa ganitong
paraan, lumuhod siya at nanalangin kasama nilang lahat.
**37** Umiyak silang lahat ng labis at yumakap kay Pablo at
hinalikan siya. **38** Higit sa lahat nalulungkot sila dahil sa
kaniyang sinabi, na hindi na nila makikita pa kailan man ang
kaniyang mukha. At hinatid nila siya sa barko.

**21** Nang humiwalay kami mula sa kanila at naglayag,
dumeretso kami patungo sa lungsod ng Cos at nang
sumunod na araw sa lungsod ng Rodas, at mula roon
patungo sa lungsod ng Patara. **2** Nang makakita kami ng
barko na papunta sa Fenicia, sumakay kami at naglayag.
**3** Nang natatanaw na namin ang lungsod ng Cyprus,
nilampasan namin ito sa kaliwa, at naglayag kami patungong
Siria, at dumaong sa lungsod ng Tiro, sapagkat doon
ibababa ang mga kargamento ng barko. **4** Pagkatapos
naming matagpuan ang mga alagad, nanatili kami roon ng
pitong araw. Nagsabi kay Pablo Ang mga alagad na ito
sa pamamagitan ng Espiritu na huwag siyang tumapak ng
kaniyang mga paa sa Jerusalem. **5** Nang makapagpalipas
kami ng mga araw, umalis kami at nagpatuloy sa paglalakbay.
Lahat sila, kasama ang kanilang mga asawa at mga anak,
ay sinamahan kami sa daan hanggang makalabas kami
ng lungsod. Pagkatapos lumuhod kami sa tabing dagat,
nanalangin at nagpaalam na sa bawat isa. **6** Sumakay kami

sa barko, habang pabalik sila sa kanilang tahanan. 7 Nang
matapos namin ang paglalakbay mula sa Tiro, dumating
kami sa Tolemaida. Doon ay binati namin ang mga kapatid
at nanatili na kasama nila ng isang araw. 8 Kinabukasan
umalis kami at nagtungo sa Cesarea. Pumasok kami sa
bahay ni Felipe, na tagapangaral ng ebanghelyo na isa
sa pito, at nanatili kaming kasama niya. 9 Ngayon ang
taong ito ay may apat na anak na babaeng birhen na
nagpapahayag ng propesiya. 10 Habang nanatili kami doon
ng ilang araw, dumating ang isang propeta mula sa Judea na
nagngangalang Agabo. 11 Lumapit siya sa amin at kinuha
ang sinturon ni Pablo. Sa pamamagitan nito itinali niya ang
kaniyang mga paa at kamay at sinabing, "Sinabi ng Banal na
Espiritu, 'Sa ganito rin itatali ng mga Judio sa Jerusalem ang
taong nag mamay-ari ng sinturong ito, at ipapasakamay siya
sa mga mga Gentil." 12 Nang marinig namin ang mga bagay
na ito, nagmakaawa kami at ang mga tao na nakatira sa
lugar na iyon kay Pablo na huwag pumunta sa Jerusalem. 13
Kaya sumagot si Pablo, "Ano ang ginagawa ninyo, umiiyak
at dinudurog ang aking puso? Sapagkat handa na ako, hindi
lang upang magapos, ngunit para mamatay din sa Jerusalem
alang-alang sa pangalan ng Panginoong Jesus." 14 Dahil
ayaw ni Pablo na hikayatin siya, tumigil na kami sa pagsubok
at sinabing "Nawa mangyari ang kalooban ng Panginoon."
15 Pagkatapos nang mga araw na ito, kinuha namin ang
aming mga daladalahan at umakyat patungong Jerusalem.
16 Mayroon ding mga sumama sa amin na mga alagad sa
lugar na iyon galing Cesarea. Kasama nila ang isang lalaki
na nagngangalang Mnason, isang taong taga-Cyprus, na
isa sa unang alagad kung saan kami manunuluyan. 17
Nang dumating kami sa Jerusalem, tinanggap kami ng mga
kapatid nang may kagalakan. 18 Kinabukasan sumama sa
amin si Pablo papunta kay Santiago at naroon ang lahat ng
mga nakatatanda. 19 Nang batiin niya sila, isa-isang ibinalita
ni Pablo ang mga bagay na ginawa ng Diyos sa mga Gentil
sa pamamagitan ng kaniyang ministeryo. 20 Nang marinig
nila ito, nagpuri sila sa Diyos at sinabi nila sa kaniya, "Nakita
mo, kapatid, kung ilang libo ang nanampalataya sa mga
Judio. Nagsisikap silang lahat na sundin ang kautusan. 21
nakapagbalita sa kanila ng tungkol sa iyo, na iyong itinuturo
sa lahat ng mga Judio na naninirahan kasama ng mga
Gentil upang iwanan si Moises, at sinasabi mo sa kanila na
huwag tuliin ang kanilang mga anak at huwag sumunod
sa sinaunang kaugalian. 22 Ano ang ating dapat gawin?
Tiyak na maririnig nila na ikaw ay dumating. 23 Kaya gawin
mo kung ano ang aming sasabihin saiyo ngayon: may apat
kaming kalalakihan na gumawa ng panata. 24 Isama mo
ang mga lalaking ito at linisin mo ang iyong sarili kasama
nila, at bayaran ang mga gastusin nila, upang ahitin nila ang
kanilang mga ulo. Upang malaman ng bawat isa na ang
mga bagay na sinabi nila tungkol sa iyo ay mali. Malalaman
nila na sumusunod ka rin sa kautusan. 25 Ngunit tungol sa
mga Gentil na nanampalataya, sumulat kami at nagbigay
ng tagubilin na ingatan nila ang kanilang mga sarili mula
sa mga bagay na inihandog sa mga diyus-diyosan at sa
dugo, at mula sa mga nagbigti at mula sa kahalayan."
26 Pagkatapos isinama ni Pablo ang mga kalalakihan, at
kinabukasan, nang makapaglinis na siyang kasama nila,
tumungo sila sa templo, inihayag niya ang takdang panahon
ng paglilinis, hanggang maialay ang handog para sa bawat
isa sa kanila. 27 Nang malapit nang matapos ang pitong
araw, nakita ng ilan sa mga Judio na galing ng Asia si Pablo
sa loob ng templo at sinulsulan ang lahat ng napakaraming
tao at siya ay dinakip. 28 Sumisigaw sila ng, "Mga lalaki
sa Israel, tulungan ninyo kami. Ito ang taong nagtuturo
sa lahat ng tao na nasa lahat ng dako ng mga bagay na
laban sa mga tao, sa kautusan, at sa lugar na ito. Bukod
dito, nagdala din siya ng mga Griego sa loob ng templo
at dinungisan ang banal na lugar na ito." 29 Sapagkat
kamakailan lamang ay nakita nila si Trofimo na taga-Efeso
na kasama nila sa lungsod, at iniisip nilang si Pablo ang
nagdala sa kaniya sa templo. 30 Nagkagulo ang buong
lungsod at sama samang tumakbo ang mga tao at dinakip si
Pablo. Kinaladkad nila siya palabas ng templo, at agad na
isinara ang mga pintuan. 31 Habang binabalak nila na siya
ay patayin, nakarating ang balita sa pinunong kapitan ng
mga bantay na ang lahat ng nasa Jerusalem ay nagkagulo.
32 Agad-agad nagsama siya ng mga kawal at mga senturion,
at tumakbo pababa papunta sa maraming tao. Nang makita
ng mga tao ang pinunong kapitan at ang mga kawal, huminto
sila sa pagbugbog kay Pablo. 33 Pagkatapos lumapit ang
pinunong kapitan at dinakip si Pablo, at nag-utos na igapos
siya gamit ang dalawang kadena. Tinanong niya kung sino
siya at kung ano ang kaniyang ginawa. 34 Ang ilan sa
mga tao ay sumisigaw ng isang bagay at iba naman ang
sinisigaw ng iba. Dahil hindi makapagsabi ang kapitan ng
anumang bagay dahil sa ingay ng lahat, nag-utos siya na
dalhin si Pablo sa loob ng kampo. 35 Nang dumating siya sa
hagdanan, binuhat siya ng mga kawal dahil sa karahasan
ng mga tao. 36 Sapagkat ang karamihan ng mga tao ay
sumusunod at patuloy na sumisigaw ng, "Alisin siya!" 37
Nang dadalhin na si Pablo sa loob ng kampo, sinabi niya
sa pinunong kapitan, "Maaari ba akong magsabi ng isang
bagay saiyo?" Sinabi ng kapitan, "Nagsasalita ka ba ng
Griego? 38 Hindi ba ikaw iyong taga-Egipto, na dating
nangunguna sa paghihimagsik at nagsama ng apat na libong
terorista patungo sa ilang?" 39 Sinabi ni Pablo, "Ako ay
isang Judio, na mula sa lungsod ng Tarso sa Cilicia. Ako ay

mamamayan ng isang mahalagang lungsod. Nakikiusap ako
saiyo, hayaan mo akong magsalita sa mga tao.” **40** Nang
bigyan siya nang pahintulot ng kapitan, Tumayo si Pablo sa
hagdanan at sinenyas ang kaniyang kamay sa mga tao.
Nang magkaroon ng labis na katahimikan, nagsalita siya sa
kanila sa wikang Hebreo. Sinabi niya,

**22** “Mga kapatid at mga ama, makinig kayo sa aking
pagtatanggol na aking gagawin sa inyo ngayon. **2**
Nang marinig ng mga tao si Pablo na nagsalita sa kanila sa
wikang Hebreo, tumahimik sila. Sinabi niya, **3** “Isa akong
Judio, ipinanganak sa Tarso sa Cilicia, subalit nag-aral sa
lungsod na ito sa paanan ni Gamaliel. Tinuruan ako mula
sa mahigpit na mga kaparaanan ng kautusan ng ating
mga ninuno. Masigasig ako sa Panginoon, katulad ninyong
lahat ngayong. **4** Inusig ko ang Daang ito hanggang sa
kamatayan; iginapos ko ang mga lalaki at gayon din ang
mga babae at ipinabilanggo ko sila. **5** Ang punong pari
at lahat ng mga nakatatanda ay maaari ding sumaksi na
ako ay tumanggap ng liham na galing sa kanila para sa
mga kapatid sa Damasco, upang ako ay maglakbay doon.
Dadalhin ko sana sa Jerusalem na nakakadena silang mga
nasa Daang ito upang parusahan. **6** Mangyari nga nang
ako ay naglalakbay at malapit na sa Damasco, bandang
tanghali may biglang pumalibot na matinding liwanag sa
akin na galing sa langit. **7** Natumba ako sa lupa at nakarinig
ng tinig na nagsabi sa akin, 'Saulo, Saulo, bakit mo ako
inuusig?' **8** Sumagot ako, 'Sino ka, Panginoon?' Sinabi
niya sa akin, 'Ako ay si Jesus na taga-Nazaret, na iyong
inuusig.' **9** Nakita rin ng mga nakasama ko ang liwanag,
ngunit hindi nila narinig ang kaniyang tinig na kumausap sa
akin. **10** Sinabi ko, 'Panginoon, ano ang dapat kong gawin?'
Sinabi ng Panginoon sa akin, 'Tumayo ka at magtungo
sa Damasco; doon sasabihin sa iyo ang lahat ng iyong
gagawin.' **11** Hindi ako makakita dahil sa sinag ng liwanag,
kaya pumunta ako sa Damasco na inakay ng mga kasama
ko. **12** Doon nakilala ko ang isang lalaki na nagngangalang
Ananias, isang tapat na tao na sumusunod sa kautusan
at maganda ang sinasabi patungkol sa kaniya ng mga
Judio na nakatira doon. **13** Lumapit siya sa akin, tumayo
sa aking tabi, at sinabi, 'Kapatid na Saulo, tanggapin mo
ang iyong paningin.' Sa mga oras din na iyon, nakita ko
siya. **14** Pagkatapos sinabi niya 'Pinili ka ng Diyos ng
ating mga ninuno upang malaman ang kaniyang kalooban,
upang makita ang Isang Matuwid, at upang pakinggan ang
tinig na manggagaling sa kaniyang sariling bibig. **15** Dahil
ikaw ang magiging saksi sa kaniya sa lahat ng mga tao
tungkol sa iyong nakita at narinig. **16** At bakit ka naghihintay
ngayon? Tumayo ka, at magpabautismo, at hugasan ang
iyong mga kasalanan na tumatawag sa kaniyang pangalan.'
**17** Pagkatapos kong makabalik sa Jerusalem at habang
ako ay nananalangin sa templo, nangyari nga na binigyan
ako ng pangitain. **18** Nakita ko siya na sinabi sa akin,
'Magmadali ka at lisanin kaagad ang Jerusalem, dahil hindi
nila tatanggapin ang iyong patotoo patungkol sa akin.' **19**
Sinabi ko, 'Panginoon, sila mismo ang nakakaalam na ako ay
nagpabilanggo at nagparusa ng mga sumampalataya sa iyo
sa bawat sinagoga. **20** Nang dumanak ang dugo ni Esteban
na iyong saksi, nandoon ako na nakatayo at sumasang-
ayon at binabantayan ko ang mga damit ng mga pumatay
sa kaniya. **21** Ngunit sinabi niya sa akin “Umalis ka, dahil
papupuntahin kita sa mga Gentil.” **22** Pinahintulutan siya
ng mga tao na magsalita hanggang sa puntong ito. Ngunit
pagkatapos nagsigawan sila at nagsabing, “Alisin ang taong
ito sa lupa: sapagkat hindi siya nararapat na mabuhay.” **23**
Habang sila ay nagsisigawan, hinahagis nila ang kanilang
mga kasuotan, at naghahagis ng alikabok sa hangin **24**
at ipinag-utos ng punong kapitan na dalhin si Pablo sa
kampo. Iniutos na hagupitin siya habang tinatanong, upang
malaman niya kung bakit nagsisigawan sila laban sa kaniya
ng ganoon. **25** Nang magapos na nila siya ng panaling
balat, sinabi ni Pablo sa senturion na nakatayo sa tabi,
“Naaayon ba sa batas na hagupitin mo ang isang taong
Romano na hindi pa nahahatulan?” **26** Nang marinig ito ng
senturion, pinuntahan niya ang punong kapitan at sinabi
sa kaniya, “Ano ang gagawin mo? Dahil ang taong ito ay
isang mamamayang Romano.” **27** Pumunta ang punong
kapitan at sinabi sa kaniya, “Sabihin mo sa akin, isa ka
nga bang Romano?” sinabi ni Pablo, “Oo.” **28** Sumagot ang
punong kapitan, “Dahil lamang sa malaking halaga ng salapi
kaya ako naging isang mamamayan.”Ngunit sinabi ni Pablo,
“Ipinanganak ako na isang mamamayang Roma.” **29** At ang
mga tao na magtatanong sa kaniya ay agad na iniwan siya.
Natakot din ang punong kapitan, nang malaman niya na si
Pablo ay isang mamamayang Romano, dahil ipinagapos
niya siya. **30** Sa sumunod na araw, gustong malaman ng
punong kapitan ang katotohanan tungkol sa mga paratang
ng mga Judio laban kay Pablo. Kaya tinanggal niya ang
gapos at inutusan ang mga punong pari at lahat ng konseho
upang magpulong. At dinala nila si Pablo sa baba at iniharap
sa kanila.

**23** Tumingin si Pablo ng diretso sa mga miyembro ng
konseho at sinabi, “Mga kapatid, namuhay ako sa
harapan ng Diyos ng may mabuting budhi hanggang sa
araw na ito.” **2** Inutusan ng pinakapunong pari na si Ananias
ang mga nakatayo sa tabi niya na sampalin siya sa kaniyang
bibig. **3** At sinabi ni Pablo sa kaniya, “Ang Diyos ang
maghahampas sa'yo, ikaw na pinaputing nilinis na pader.
Ikaw ba ay naupo para husgahan ako ayon sa kautusan,

ngunit nag-utos ka na sampalin ako na labag sa kautusan?"
4 Ang mga nakatayo sa paligid ay sinabing, "Ganito mo ba
insultuhin ang pinakapunong pari ng Diyos?" 5 Sinabi ni
Pablo, "Hindi ko alam, mga kapatid, na siya ay pinakapunong
pari. Sapagkat nasusulat, Huwag kang magsalita ng masama
laban sa pinuno ng iyong mga tao." 6 Nang makita ni Pablo
na ang isang bahagi ng konseho ay mga Saduceo at ang
iba ay Pariseo, nagsalita siya ng malakas sa konseho, "Mga
kapatid, isa akong Pariseo, anak ng mga Parise. Ito ay
dahil sa lubos akong nagtitiwala sa muling pagkabuhay
ng mga patay kaya ako hintulan." 7 Nang sabihin niya ito,
nag-umpisang magtalo ang mga Pariseo at Saduceo, at
nahati ang kapulungan. 8 Dahil sinasabi ng mga Saduceo
na walang muling pagkabuhay ng mga patay, walang mga
anghel, at walang mga espiritu, ngunit sinasabi ng mga
Pariseo na mayroon ng lahat na ito. 9 Kaya nagkaroon ng
malakas na sigawan at ang ilan sa mga eskriba na kabilang
sa mga Pariseo ay tumayo at nakipagtalo na nagsasabi,
"Wala kaming mahanap na mali sa lalaking ito. Paano
kung nakipag-usap ang espiritu o isang anghel sa kaniya?"
10 Nang magkaroon ng labis na pagtatalo, natakot ang
punong kapitan na baka pagpira-pirasuin nila si Pablo, kaya
inutusan niya ang mga kawal na bumaba at sapilitan siyang
kinuha ng mga kasapi ng konseho at dinala siya sa loob ng
kampo. 11 Nang sumunod na gabi tumayo ang Panginoon sa
kaniyang tabi at sinabi, "Huwag kang matakot, kung paano
ka nagpatotoo patungkol sa akin sa Jerusalem, kailangan
mo ring maging saksi sa Roma." 12 Kinaumagahan, may
ilang mga Judio ang gumawa ng kasunduan at sinumpa sa
kanilang sarili: sinabi nila na hindi sila kakain o iinom ng
kahit ano hangga't hindi nila mapatay si Pablo." 13 Mahigit
apat-napung kalalakihan ang gumawa ng planong ito. 14
Pumunta sila sa mga punong pari at mga nakatatanda at
sinabi, "Nilagay namin ang aming sarili sa isang matinding
sumpa, na hindi kami kakain ng anuman hangga't hindi
namin mapatay si Pablo. 15 Kaya ngayon, hayaan ninyo
na ang konseho ang magsabi sa punong kapitan na dalhin
siya sa inyo, na para bang pagpapasyahan mo ng husto
ang kaniyang kaso. Para sa amin, handa namin siyang
patayin bago siya makapunta dito." 16 Ngunit narinig ito
ng lalaking anak ng kapatid na babae ni Pablo na matagal
silang naghihintay, kaya pumunta siya at pumasok sa kampo
at sinabi kay Pablo. 17 Tinawag ni Pablo ang isa sa mga
senturion at sinabi, "Dalhin mo ang binata na ito sa punong
kapitan, dahil mayroon siyang sasabihin sa kaniya." 18
Kaya sinama ng senturion ang binata at dinala sa punong
kapitan at sinabi, "Pinatawag ako ng bilanggong si Pablo
na pumunta sa kaniya, at nakiusap siya kung maaaring
dalhin ko ang binatang ito sa iyo. May nais siyang sabihin
sa iyo" 19 Hinila siya sa kamay ng punong kapitan at
dinala sa pribadong lugar at siya ay tinanong, "Ano ang
kinakailangan mong sabihin sa akin?" 20 Sinabi ng binata,
"Nagkasundo ang mga Judio na hilingin sa iyo na ipadala
mo si Pablo sa konseho bukas, na para bang sisiyasatin
siya ng mabuti patungkol sa kaniyang kaso. 21 Pero huwag
kang maniniwala sa kanila, dahil mayroong higit sa apat-
napung kalalakihan ang nag-aabang sa kaniya. Isinumpa
nila ang kanilang sarili, na hindi sila kakain o iinom hangga't
mapatay nila siya. Ngayon pa lang nakahanda na sila,
naghihintay ng pahintulot mula sa iyo." 22 Kaya hinayaan ng
punong kapitan ang binata na umalis, pagkatapos siyang
mapagsabihang, "Wag mong babanggitin sa iba ang mga
bagay na sinabi mo sa akin." 23 Kaya pinatawag niya ang
dalawang senturion at sinabi, "Maghanda kayo ng dalawang-
daang kawal na handang magtungo hanggang sa Cesarea,
at pitumpung mangangabayo, at dalawang-daang maninibat.
Aalis kayo alas nuwebe ng gabi." 24 Inutusan din niyang
magbigay sila ng hayop na masasakyan ni Pablo, at dalhin
siya ng ligtas kay gobernador Felix. 25 At nagsulat siya
ng liham na ganito: 26 "Mula kay Claudio Lisias para sa
kagalang-galang na Gobernador Felix, binabati ko kayo.
27 Ang taong ito ay dinakip ng mga Judio at muntik na
nilang patayin, Nang dumating ako sa kanila kasama ang
mga kawal upang sagipin siya, dahil nalaman kong isa
siyang mamamayang Romano. 28 Nais kong malaman
kung bakit siya pinaratangan nila, kaya dinala ko siya sa
kanilang konseho. 29 Nalaman ko na pinaratangan siya
patungkol sa mga katanungang hinggil sa kanilang sariling
batas, ngunit wala sa mga inereklamo laban sa kaniya ang
nararapat sa kamatayan o pagkabilanggo. 30 Pagkatapos
naibalita sa akin na mayroon silang masamang balak laban
sa lalaki, kaya agad-agad ko siyang pinadala sa iyo, at
ipinagbilin din sa mga nag-aakusa sa kaniya na dalhin ang
kanilang mga reklamo laban sa kaniya sa iyong harapan.
Paalam." 31 Kaya sumunod ang mga kawal sa kaniyang
mga utos: kinuha nila si Pablo at dinala sa Antipatris ng
gabing iyon. 32 Nang sumunod na araw, halos lahat ng
kawal ay iniwan ang mga mangangabayo para sumama
sa kaniya at sila mismo ay nagbalik sa kampo. 33 Nang
nakarating ang mga mangagabayo sa Cesarea at naihatid
ang sulat sa gobernador, hinarap nila si Pablo sa kaniya. 34
Nang mabasa ng gobernador ang liham, tinanong niya kung
saang lalawigan nagmula si Pablo; nang malaman niya na
siya ay taga-Cilicia, 35 sinabi niyang "Papakinggan ko ang
lahat kapag nandito na ang mga nagpaparatang sa iyo." At
ipinag-utos niya na manatili siya sa palasyo ni Herodes.

**24** Pagkaraan ng limang araw, pumunta roon si Ananias
na pinakapunong pari, ilang mga nakatatanda, at

ang mananalumpati na nagngangalang Tertulo. Nagdala
ng mga bintang ang mga kalalakihang ito sa gobernador
laban kay Pablo. **2** Nang tumayo si Pablo sa harap ng
gobernador, nagsimula siyang paratangan ni Tertulo at sinabi
sa gobernador, "Dahil sa iyo nagkaroon kami ng labis na
kapayapaan; at ang pag-iintindi mo sa amin ay nagdulot
ng ikauunlad ng aming bansa; **3** kaya buong pasasalamat,
tinanggap namin ang lahat ng bagay na iyong ginawa,
kataas-taasang Felix. **4** Kaya hindi ko na kayo gagambalain
pa, hinihiling ko sa inyo na makinig ng sandali sa akin ng
may kagandahang loob. **5** Dahil natuklasan namin na ang
taong ito ay nanggugulo at dahilan ng paghihimagsik ng
lahat ng mga Judio sa buong mundo. Siya ang pinuno ng
sektang Nazareno. **6** Sinubukan pa niyang lapastanganin
ang templo; kaya namin siya hinuli. (At gusto pa namin
siyang hatulan ayon sa aming batas.) **7** ( "Ngunit si Lisias na
opisyal ay dumating at sapilitan siyang kinuha sa aming
mga kamay.") **8** Kung tatanungin ninyo si Pablo tungkol sa
lahat ng mga bagay na ito, maging ikaw din, malalaman mo
ang mga paratang namin sa kaniya." **9** Sama-sama ding
pinaratangan ng mga Judio si Pablo, at sinabi na ang lahat
ng mga bagay na ito ay totoo. **10** Ngunit nang sumenyas ang
gobernador upang magsalita si Pablo, sumagot si Pablo,
"Nauunawaan ko na sa maraming taon ay naging hukom ka
sa bansang ito, kaya ikinagagalak kong ipaliwanag ang aking
sarili sa iyo. **11** Mapapatunayan mo na hindi pa aabot sa
labindalawang araw mula ng ako ay umakyat sa Jerusalem
upang sumamba; **12** at nang makita nila ako sa templo, hindi
ako nakipagtalo kahit kaninuman, at hindi ko ginulo ang
maraming tao, maging sa mga sinagoga o sa lungsod; **13** at
hindi nila kayang mapatunayan sa iyo ang mga reklamo
nila laban sa akin ngayon. **14** Subalit inaamin ko ito sa
iyo, na ayon sa pamamaraan na tinatawag nilang sekta,
sa pamamaraan ding iyon, naglingkod ako sa Diyos ng
aming mga ninuno. Tapat ako sa lahat ng nasa batas at
sa mga kasulatan ng mga Propeta. **15** Ganoon din ang
pagtitiwala ko sa Diyos, katulad din ng paghihintay ng mga
taong ito, sa pagdating ng araw ng pagkabuhay ng mga
patay ng kapwa matuwid at hindi matuwid na tao; **16** at dahil
dito, pinagsisikapan ko na magkaroon ng budhing walang
kapintasan sa lahat ng mga bagay sa harapan ng Diyos
at sa mga tao. **17** Ngayon, pagkalipas ng maraming taon,
ako'y dumating upang maghatid ng tulong sa aking bansa
at maging sa pagkaloob ng mga pera. **18** Nang ginawa
ko ito, may ilang mga Judio na taga-Asia ang nakakita
sa akin na nagsasagawa ng seremonyang paglilinis sa
templo, na walang maraming tao at walang kaguluhan. **19**
Ang mga taong ito ay dapat na narito sa harapan ninyo at
sabihin kung ano ang mayroon sila laban sa akin, kung
mayroon man. **20** O kaya, ang mga tao ding ito ay dapat
magsabi kung ano ang kanilang natagpuang kamalian na
ginawa ko nang tumayo ako sa konseho ng mga Judio; **21**
maliban kung ito ay patungkol sa isang bagay na pasigaw
kong sinabi ng tumayo ako sa gitna nila, 'Ito ay patungkol
sa pagkabuhay ng mga patay na inyong inihatol ngayon
sa akin.'" **22** Ganap ang kaalaman ni Felix patungkol sa
Daan, kaya pinaghintay niya ang mga Judio. Sinabi niya,
"Pagpapasiyahan ko ang iyong kaso kapag bumaba ang
pinunong kapitan na si Lisias galing Jerusalem." **23** At
inutusan niya ang pinuno ng mga kawal na bantayan si
Pablo, subalit may kaluwagan, at walang makakapigil sa
kaniyang mga kaibigan sa pagtulong o kaya sa pagdalaw
sa kaniya. **24** pagkalipas ng ilang araw, nagbalik si Felix
kasama ang kaniyang asawa na si Drusila, isang babaing
Judio, ipinatawag niya si Pablo at napakinggan ang tungkol
sa pananampalataya kay Cristo. **25** Subalit nang nagbahagi
si Pablo tungkol sa pagkamatuwid, pagpipigil sa sarili, at sa
nalalapit na paghuhukom, nagkaroon na ng takot si Felix;
at siya'y sumagot, "Lumayo ka muna sa ngayon, kapag
may oras ako muli, ipapatawag kita." **26** niyang bibigyan
siya ni Pablo ng pera, kaya't palagi niyang pinapatawag at
nakikipag-usap sa kaniya. **27** Ngunit pagkaraan ng dalawang
taon, si Porcio Festo ang naging gobernador kapalit ni Felix,
ngunit nais ni Felix na magtamo ng pabor ng mga Judio,
kaya iniwan niya si Pablo na patuloy na binabantayan.

**25** Ngayon, dumating si Festo sa lalawigan at pagkatapos
nang tatlong araw ay nagpunta siya mula sa Cesarea
paakyat sa Jesrusalem. **2** Ang pinakapunong pari at mga
kinikilalang mga Judio ay nagharap kay Festo ng mga
paratang laban kay Pablo, at malakas silang nagsalita
kay Festo. **3** At humingi sila ng pabor tungkol kay Pablo,
na tawagin siya sa Jesrusalem upang magkaroon sila ng
pagkakataon na patayin siya sa daan. **4** Ngunit sumagot si
Festo na si Pablo ay isang bilanggo sa Caesarea, at babalik
siya agad doon. **5** "Kung gayun, kung sino man ang pwede,"
Sinabi niyang, "dapat sumama sa amin doon. Kung may
pagkakamali sa taong ito, kinakailangang paratangan ninyo
siya." **6** Pagkatapos niyang manatili pa ng walo o sampung
araw, siya ay bumaba patungo sa Cesarea. Kinabukasan,
naupo na siya sa hukuman at pinag-utos na dalhin si Pablo
sa kaniya. **7** Nang siya ay dumating, nakatayo sa di kalayuan
ang mga Judiong galing sa Jerusalem, at nagharap sila ng
mga mabibigat na bintang laban sa kaniya na hindi nila
mapatunayan. **8** Pinagtanggol ni Pablo ang kaniyang sarili at
sinabing, "Hindi laban sa pangalan ng mga Judio, hindi laban
sa templo, at hindi laban kay Cesar, wala akong ginawang
masama." **9** Ngunit gustong makuha ni Festus ang loob ng
mga Judio kaya sumagot siya kay Pablo at sinabing, "Gusto

mo bang pumunta sa Jerusalem at doon kita husgahan
tungkol sa mga bagay na ito?" 10 Sinabi ni Pablo, "Tatayo
ako sa harapan ng hukuman ni Cesar kung saan ako dapat
hatulan, Hindi ako gumawa ng mali sa mga Judio, gaya
ng pagkakaalam ninyo. 11 Kung may nagawa man akong
pagkakamali at kung may nagawa man akong karapat-dapat
sa kamatayan, hindi ko tatanggihan ang mamatay. Ngunit
kung ang kanilang mga paratang ay walang halaga, walang
sino man ang maaaring magdala sa akin sa kanila. Kaya
nga ako tumatawag kay Cesar." 12 Pagkatapos makipag-
usap ni Festo sa kapulungan, sumagot siya, "Tumawag ka
kay Cesar; pupunta ka kay Cesar." 13 Ngayon pagkalipas ng
ilang mga araw, dumating sa Cesarea si Haring Agripa at
Bernice upang magbigay ng opisyal na pagdalaw kay Festo.
14 Pagkatapos ng maraming araw na naroon siya, inilahad ni
Festo ang kaso ni Pablo sa hari; sinabi niya, "May isang tao
na naiwan dito ni Felix na bilanggo. 15 Nang ako ay nasa
Jerusalem, ang mga pinunong pari at mga nakatatanda sa
mga Judio ay nag harap sa akin ng mga bintang laban sa
taong ito, at humihingi sila ng kahatulan laban sa kaniya.
16 Sinagot ko sila ng ganito na hindi kaugalian ng mga
Romano na ibigay ang isang tao bilang pabor; kundi, may
pagkakataon ang naparatangang tao na harapin niya ang
mga nagparatang sa kaniya at ipagtanggol ang kaniyang
sarili sa mga ibinintang sa kaniya. 17 Kung gayun, hindi ako
naghintay, nang dumating silang sama-sama rito, ngunit ng
kinabukasan ay naupo ako sa upuan ng paghatol at iniutos
ko na dalin sa loob ang taong ito. 18 Nang tumayo ang
mga nagparatang at pinaratangan siya, inisip ko na walang
mabigat sa mga bintang na hinarap nila sa taong ito. 19 Sa
halip, maroon silang ilan na di pagkakaunawaan tungkol
sa kanilang sariling relihiyon at tungkol sa isang Jesus na
namatay, na siyang pinatutunayan ni Pablo na buhay. 20
Nalilito ako kung papaano ko sisiyasatin ang bagay na
ito, at tinanung ko siya kung gusto niya na pumunta sa
Jerusalem upang husgahan doon tungkol sa mga bagay
na ito. 21 Ngunit nang ipinatawag si Pablo upang siya ay
bantayan hanggang sa makapag-desisyon ang Emperador,
Iniutos ko na bantayan siya hanggang maipadala ko siya
kay Cesar." 22 Sinabi ni Agripa kay Festo, "Nais ko rin na
makinig sa taong ito." "Bukas," sinabi ni Festo, "Maririnig
mo siya." 23 Kaya kinabukasan, dumating sina Agripa at
Bernice na may maraming seremonya; dumating sila sa loob
ng bulwagan kasama ang mga pinunong kawal at kasama
ang mga kinikilalang tao sa lungsod. At nang sabihin ni
Festo ang utos, dinala si Pablo sa kanila. 24 Sinabi ni Festo,
"Haring Agripa, at sa lahat ng mga tao na narito na kasama
namin, nakikita ninyo ang taong ito; ang lahat ng mga Judio
ay nakipag-usap sa akin sa Jerusalem at sa lugar ding ito,
at sumigaw sila sa akin na hindi na siya kinakailangang
mabuhay. 25 Napag-alaman ko na wala siyang ginawa na
karapdapat sa kamatayan; ngunit dahil tumawag siya sa
Emperador, nagpasya ako na dalin siya sa kaniya. 26 Ngunit
wala akong tiyak na maisusulat sa Emperador. Sa dahilang
ito, dinala ko siya sa inyo, lalo na sa iyo, Haring Agripa,
upang may maisulat ako tungkol sa kasong ito. 27 Sapagkat
parang hindi katanggap tanggap sa akin na ipadala ang
isang bilanggo na hindi rin maipahayag ang mga bintang
laban sa kaniya."

**26** Kaya sinabi ni Agripa kay Pablo, "Maaari kang magsalita
para sa iyong sarili." Pagkatapos iniunat ni Pablo
ang kaniyang kamay at nagsalita. 2 "Masaya ako, Haring
Agripa, na gagawin ko ang pagtatanggol ng aking kaso sa
harapan mo sa araw na ito laban sa lahat ng paratang ng
mga Judio; 3 lalo na, sapagkat dalubhasa ka sa lahat ng
mga nakaugalian at mga katanungan ng mga Judio. Kaya't
hinihingi ko ang katiyagaan mong makinig sa akin. 4 nga,
nalalaman nang lahat ng mga Judio kung papaano ako
namuhay sa aking kabataaan sa aking sariling bansa at sa
Jerusalem. 5 Kilala nila ako mula sa simula at kinakailangan
nilang tanggapin na namuhay ako bilang isang Pariseo, isang
napakahigpit na sekta ng aming relihiyon. 6 Ngayon nakatayo
ako rito upang hatulan dahil umaasa ako sa pangako na
ginawa ng Diyos sa aming mga ninuno. 7 Sapagkat ito ang
pangako na inaasahang ng aming labing dalawang tribo na
tanggapin habang matiyaga silang sumasamba sa Diyos
gabi at araw. Dahil sa pag-asang ito, Haring Agripa, kaya
pinaratangan ako ng mga Judio. 8 Bakit iniisip ng iba sa
inyo na hindi kapani-paniwala na buhayin ng Diyos ang
mga patay? 9 Sa isang pagkakataon naisip ko sa aking
sarili na kinakailangan kong gumawa ng maraming bagay
laban sa pangalan ni Jesus na taga Nazaret. 10 Ginawa ko
ang mga ito sa Jerusalem; Ikinulong ko ang maraming mga
mananampalataya sa bilangguan, at may kapangyarihan ako
mula sa mga punong pari na gawin ito; at nang ipapatay sila,
ibinigay ko rin ang aking boto laban sa kanila. 11 Madalas ko
silang pinarurusahan sa lahat ng mga sinagoga at sinubukan
ko silang magsalita ng masama laban sa Diyos. Galit na
galit ako sa kanila at hinabol ko sila kahit sa mga lungsod
sa ibang bansa. 12 Habang ginagawa ko ito, pumunta ako
sa Damasco na may kapangyarihan at pahintulot ng mga
punong pari; 13 at sa daan patungo roon, sa katanghalian
tapat, Hari, Nakakita ako ng liwanag mula sa langit na higit
na mas maliwanag kaysa sa araw at nagliwanag palibot
sa akin at sa mga kalalakihan na naglalakbay na kasama
ko. 14 Nang bumagsak kaming lahat sa lupa, nakarinig
ako ng tinig na nagsasalita sa akin na nag sabi sa wikang
Hebreo, 'Saulo, Saulo, bakit mo ako inuusig? Mahirap para

sayo na sumipa sa matulis na tungkod.' 15 Pagkatapos
sinabi ko, 'Sino ka, Panginoon?' Sumagot ang Panginoon,
'Ako si Jesus na iyong inuusig. 16 Ngayon bumangon ka at
tumayo sa iyong mga paa; dahil sa layuning ito'y nagpakita
ako saiyo, upang italaga ka bilang lingkod at saksi tungkol
sa mga bagay na alam mo tungkol sa akin ngayon at sa
mga bagay na ipapakita ko pagkatapos nito; 17 at ililigtas
kita mula sa mga tao at mula sa mga Gentil kung saan
kita isusugo, 18 upang buksan ang kanilang mga mata at
upang ibalik sila mula sa kadiliman patungo sa kaliwanagan
at mula sa kapangyarihan ni Satanas patungo sa Diyos,
upang tanggapin nila mula sa Diyos ang pagpapatawad ng
mga kasalanan at ang pamana na ibibigay ko sa kanila
na aking itinalaga para sa aking sarili sa pamamagitan ng
pananampalataya nila sa akin.' 19 Samakatuwid, Haring
Agripa, hindi ko sinuway ang pangitain mula sa langit; 20
ngunit, una sa mga nasa Damasco at pagkatapos ay sa
Jerusalem at sa lahat ng dako ng bansa ng Judea, at pati na
rin sa mga Gentil, nangaral ako upang sila ay magsisi at
bumalik sa Diyos, gumagawa ng mga bagay na karapatdapat
sa pagsisisi. 21 Sa kadahilanang ito hinuli ako ng mga
Judio sa loob ng templo at sinubukan akong patayin. 22
Tinulungan ako ng Diyos hanggang ngayon, kaya't tumayo
ako at nagpatotoo sa mga pangkaraniwang tao at sa mga
dakila na hindi hihigit sa kung ano ang sinabi ng mga
propeta at ni Moises kung ano ang mangyayari; 23 na ang
Cristo ay dapat magdusa, at siya ang unang ibabangon
mula sa mga patay at magpapahayag ng kaliwanagan sa
mga Judio at mga Gentil." 24 Nang matapos ni Pablo ang
kaniyang pagtatanggol, sinabi ni Festo sa malakas na tinig,
"Pablo, nababaliw ka; ang napakaraming natutunan mo ang
nagpapabaliw sayo." 25 Ngunit sinabi ni Pablo, "Hindi ako
nababaliw, kagalanggalang na Festo; ngunit nilakasan ko
ang aking loob na magpahayag ng mga salita ng katotohanan
at kahinahunan. 26 Sapagkat nalalaman ng hari ang mga
bagay na ito; at kaya't, malaya akong nakapagsasalita sa
kaniya, sapagkat ako'y nahikayat na wala sa mga bagay na
ito ang maitatago sa kaniya; sapakat hindi ito ginawa sa
isang sulok. 27 Naniniwala kaba sa mga propeta, Haring
Agripa? Alam ko na naniniwala ka." 28 Sinabi ni Agripa
kay Pablo, "Sa maikling panahon ay hinihikayat mo ako na
maging Kristiyano?" 29 Sinabi ni Pablo, Ipinanalangin ko
sa Diyos na kahit sa maikli o mahabang panahon, hindi
lang ikaw, kundi sa lahat ng nakikinig sa akin ngayon, ay
maging katulad ko, ngunit maliban sa mga kadenang ito."
30 Pagkatapos tumayo ang hari at ang gobernador, at si
Bernice din at ang mga naka-upong kasama nila; 31 nang
umalis sila ng bulwagan, nag-usap-usap ang bawat isa at
nagsabing, "Ang taong ito ay walang ginawa na ano man na
karapatdapat sa kamatayan o pagkabilanggo." 32 Sinabi ni
Agripa kay Festo, "Ang taong ito ay maaaring napalaya na
kung hindi sana siya umapila kay Cesar."

**27** Nang mapagpasyahan na maglayag kami papunta sa
Italia, ibinigay nila si Pablo at iba pang mga bilanggo sa
isang senturion na nagngangalang Julio, na nasa hukbo ni
Augusto. 2 Sumakay kami sa isang barko galing Adramicio,
na malapit nang maglayag na sa mga dalampasigan ng
Asia. Kaya naglayag kami. Ssumama sa amin si Aristarco
mula sa Tesalonica ng Macedonia. 3 Nang sumunod na
araw dumaong kami sa lungsod ng Sidon, kung saan
pinakitunguhan ng mabuti ni Julio si Pablo at pinayagan
siyang pumunta sa kaniyang mga kaibigan upang matanggap
ang kaniyang mga kailangan. 4 Mula roon, pumunta kami sa
dagat at naglayag sa palibot ng isla ng Chipre na nakublihan
mula sa hangin, sapagakat ang hangin ay pasalungat sa
amin. 5 Nang makapaglayag kami sa tubig malapit sa
Cilicia at Pamfilia, dumating kami sa Mira, isang lungsod
ng Licia. 6 Doon, nakatagpo ang senturion ng barko galing
Alexandria na maglalayag patungong Italia. Isinakay niya
kami dito. 7 Nang makapaglayag kaming may kabagalan ng
maraming araw at sa wakas ng makarating kaming may
kahirapan malapit sa Cinido, hindi kami pinahintulutan ng
hangin na makapunta sa direksyon na iyon, kaya naglayag
kami malapit sa mga nasisilungang bahagi ng Creta, tapat
ng Salmon. 8 Naglayag kami sa gilid ng dalamapsigan
na may kahirapan, hanggang nakarating kami sa isang
lugar na tinatawag na Mabuting Daungan na malapit sa
lungsod ng Lasea. 9 Maraming panahon na ang lumipas
sa amin, ang panahon ng pag-aayuno ng mga Judio ay
lumipas na rin at naging mapanganib na ang maglayag.
Kaya binalaan sila ni Pablo, 10 at sinabi, "Mga kalalakihan,
nakikita kong ang paglalayag na ating gagawin ay maaaring
may masaktan at maraming pagkawala, hindi lang ng ating
mga kargamento at ng barko, ngunit pati na rin ng ating
mga buhay." 11 Ngunit ang senturion ay mas nagbigay ng
pansin sa pinuno at sa may ari ng barko, kaysa sa mga
bagay na sinabi ni Pablo. 12 Sapagkat hindi madaling tumigil
sa daungan sa taglamig, karamihan sa mga mandaragat
ay nagpapayong maglayag mula roon, kahit sa anumang
paraan ay makaya naming abutin ang lungsod ng Fenix,
upang magpalipas doon ng taglamig. Ang Fenix ay isang
daungan sa Creta, at ito ay nakaharap sa hilagangsilangan
at timogsilangan. 13 Nang magsimula ng umihip ng banayad
ang hangin mula sa timog, naisip ng mga mandaragat na
ang kanilang kailangan ay nasa kanila na. Kaya't isinampa
nila ang angkla at naglayag sa gilid ng Creta, malapit sa
dalampasigan. 14 Subalit pagkatapos ng maikling panahon
ay may napakalakas na hangin, na tinatawag na Ang

Hilagang-silangan, na nagsimulang tumama sa amin patawid
sa kabilang isla. 15 Nang matangay ng hangin ang barko at
hindi kayang harapin ang hangin, hindi na namin kinaya
at nagpatangay nalang dito. 16 Pumunta kami sa tabi ng
kubling bahagi ng maliliit na isla na tinatawag na Cauda: at
kahit nahirapan kami nagawa naming iakyat ang bangka
sa barko. 17 Nang maitaas nila ito, gumamit sila ng mga
lubid upang itali ang barko. Natakot sila na masadsad kami
sa mga pulong buhangin ng Syrtis, kaya ibinaba nila ang
angkla sa dagat at hinayaang tangayin kami. 18 Kami ay
lubhang nabugbug ng bagyo, kaya't nang sumunod na araw
ang mga mandaragat ay nagsimulang mag tapon sa tubig
ng mga kagamitan. 19 Nang ikatlong araw ay itinapon din
ng mga mandaragat sa pamamagitan ng kanilang sariling
kamay ang mga kagamitan ng barko. 20 Nang ang araw at
mga bituin ay hindi na nagliwanag sa amin ng maraming
mga araw, at patuloy ang paghagupit sa amin ng malakas
na bagyo, anumang pag-asa na maliligtas kami ay nawala.
21 Nang matagal ng ubos ang kanilang pagkain, tumayo si
Pablo sa harapan ng mga mandaragat at nagsabing, "Mga
kalalakihan, nakinig sana kayo sa akin, at hindi naglayag
mula sa Creta, at hindi kayo nagtamo ng pinsala at nawalan.
22 At ngayon hinihimok ko kayo na magkaroon kayon ng
lakas ng loob, upang walang mawalan ng buhay sa inyo,
ngunit pagkawala ng barko lamang. 23 Dahil kagabi may
isang anghel ng Diyos na nagmamay-ari sa akin na aking
sinasamba—tumayo ang kaniyang anghel sa aking tabi 24
at sinabing, "Huwag kang matakot, Pablo. Kinakailangan
kang tumayo sa harapan ni Cesar, at makita na ang Diyos
sa kaniyang kabutihan ay ibinigay na saiyo ang lahat na
naglalayag kasama mo. 25 Kaya nga, mga kalalakihan,
lakasan ninyo ang inyong loob, sapagkat nagtititawala ako
sa Diyos, na mangyayari ito tulad ng pagkasabi sa akin. 26
Ngunit kinakailangan na mapadpad tayo sa ilang isla." 27
Nang dumating ang ikalabing-apat na gabi, nang mapadpad
kami kung saan-saan sa Dagat ng Adriatico, bandang hating-
gabi naisip ng mga mandaragat na papalapit sila sa isang
lupain. 28 Sinukat nila ang kalaliman ng dagat, at nalaman
na may dalawangpung dipa ang lalim; pagkatapos ng ilang
sandali, sumukat sila ng mas marami at nalaman nila na
labinlimang dipa ang lalim. 29 Natakot sila na baka kami
ay sumadsad sa mga bato, kaya ibinaba nila ang apat na
angkla mula sa likuran ng barko at nanalangin na dumating
na ang umaga. 30 Naghahanap ang mga mandaragat ng
paraan upang iwanan ang barko at ibinaba sa dagat ang
bangka mula sa barko, at nagpanggap na itatapon lang nila
pababa ang mga angkla mula sa unahan ng barko. 31 Ngunt
sinabi ni Pablo sa senturion at sa mga kawal, "Maliban na
manatili ang mga lalaking ito sa barko, hindi kayo maliligtas."
32 Kaya pinutol ng mga kawal ang mga lubid ng bangka
at hinayaang mapaanod ito palayo. 33 Nang mag-uumaga
na, pinakiusapansilang lahat ni Pablo na kumain. Sinabi
niya, "Ngayon ang ikalabing-apat na araw na naghintay kayo
at hindi kumain; wala kayong kinain na anuman. 34 Kaya
nakikiusap ako na kumain kayo, sapagkat para ito sa inyong
kaligtasan; at wala kahit isa mang buhok ng inyong mga ulo
ang mawawala." 35 Nang sinabi niya ito, kumuha siya ng
tinapay at nagpasalamat sa Diyos sa paningin ng bawat
isa. Pagkatapos pinutol niya ang tinapay at nagsimulang
kumain. 36 Pagkatapos lahat sila ay lumakas ang kalooban
at kumuha rin sila ng pagkain, 37 276 kami na mga tao sa
barko. 38 Nang makakain na sila ng sapat, itinapon nila
ang mga trigo sa dagat upang gumaan ang barko. 39 Nang
umaga na, hindi nila nakilala ang lupain, ngunit nakakita
sila ng dalampasigan, at pinag-usapan nila kung idadaan
ang barko sa lugar na iyon. 40 Kaya pinutol nila ang tali ng
mga angkla at iniwan nila ang mga ito sa dagat. Sa oras
ding iyon ay niluwagan nila ang mga lubid ng mga timon
at itinaas ang layag sa hangin; at tinangay sila papuntasa
dalampasigan. 41 Ngunit dumating sila sa lugar na may
dalawang nagsasalubong na agos at sumadsad ang barko
sa lupa. Naipit doon ang unahang bahagi ng barko at nanatili
na hindi umaalis, ngunit nagsimulang masira ang hulihang
bahagi ng barko dahil sa matinding lakas ng alon. 42 Binalak
ng mga Kawal na patayin ang mga bilanggo upang wala
sa kanila ang makalangoy palayo at makatakas. 43 Ngunit
gustong iligtas ng senturion si Pablo, kaya pinigilan niya ang
kanilang balak; at nag-utos siya sa mga marunong lumangoy
lumangoy na maunang tumalon sa tubig at pumunta sa lupa.
44 Pagkatapos susunod ang mga natirang kalalakihan, ang
ilan ay sa mga kahoy, at ang ilan sa ibang mga bagay mula
sa barko. Sa ganitong paraan nakararing kaming lahat nang
ligtas sa lupa.

**28** Nang kami ay nakarating ng maaayos, nalaman namin
na ang islang iyon ay tinawag na Malta. 2 Ang mga
katutubong tao roon ay nag-alok sa amin ng hindi lang
basta pangkaraniwang kabutihan. ngunit sila ay nagsindi
ng apoy at tinanggap kaming lahat, dahil sa walang tigil
na pag ulan at lamig. 3 Ngunit nang si Pablo ay nakapag-
ipon ng ilang bigkis ng kahoy at inilagay sa apoy, isang
ulupong ang lumabas dahil sa init at kumapit sa kaniyang
kamay. 4 Nang makita ng mga katutubo na ang ahas ay
kumapit sa kaniyang kamay, nasabi nila sa isa't-isa, "Ang
taong ito ay tiyak na mamamatay tao, na nakatakas mula sa
karagatan, at hindi siya pinayagan ng katarungan upang
mabuhay. 5 Ngunit ipinagpag niya ang ahas sa apoy at hindi
siya nasaktan. 6 Hinihintay nila siyang mamaga at mag-apoy
sa lagnat o di kaya'y biglang mamatay. Ngunit pagkatapos

nilang pagmasdan ng mahabang panahon nakita nila na
walang nangyaring pagbabago sa kaniya, nagbago ang
kanilang isip at sinabi nila na siya ay isang diyos. **7** Ngayon,
sa malapit na dakong iyon may mga lupain na pagmamay-
ari ng pinuno ng Isla, isang lalaki na nagngangalang Publio.
Malugod niya kaming tinanggap at ipinaghanda kami sa
tatlong araw. **8** Nangyaring ang ama ni Publio ay nagka-
lagnat at nagkaroon ng disenterya. Nang si Pablo ay lumapit
sa kaniya, nanalangin siya, ipinatong niya ang kaniyang mga
kamay sa kaniya, at pinagaling siya. **9** Pagkatapos nitong
mangyari, ang ilan sa mga taong nasa isla na maysakit
ay lumalapit din, at sila ay gumaling. **10** Pinarangalan din
kami ng mga tao ng maraming karangalan. Nang kami ay
naghahanda na sa paglayag, binigyan nila kami ng aming
mga pangangailangan. **11** Pagkatapos ng tatlong buwan,
kami ay nagtakda ng paglalayag sa barkong Alexandria na
tag lamig sa isla, na ang kanilang sagisag ay Ang Kambal
na mga Lalaki. **12** Nang kami ay dumaong sa lungsod ng
Siracusa, kami ay nanirahan doon ng tatlong araw. **13** Mula
doon kami ay naglayag at nakarating sa lungsod ng Regio.
Pagkatapos ng isang araw ang hangin mula sa timog ay
umiihip, at sa ikalawang araw ay nakarating kami sa lungsod
ng Puteoli. **14** Doon nakahanap kami ng ilang kapatiran at
inanyayahan kami na tumira sa kanila ng pitong araw. Sa
daang ito nakarating kami sa Roma. **15** Mula doon ang mga
kapatiran pagkatapos nilang marinig ang tungkol sa amin,
dumating sila para salubungin kami sa malayo sa Pamilihan
ng Appio at Ang Tatlong Tuluyan. Nang nakita ni Pablo
ang magkapatid, nagpasalamat siya sa Diyos at siya ay
napalakas. **16** Nang kami ay pumasok sa Roma, pinayagan
si Pablo na tumirang mag isa kasama ang sundalong
nagbantay sa kaniya. **17** At nangyari, pagkalipas ng tatlong
araw tinawag ni Pablo ang mga lalaking pinuno mula sa
mga Judio. Nang sila ay magkakasamang dumating, sinabi
niya sa kanila, “Mga kapatid, ako man ay walang nagawang
pagkakamali laban sa mga tao o sa kaugalian ng ating mga
ninuno, dinala ako bilang isang bilanggo mula sa Jerusalem
sa mga kamay ng mga Romano. **18** Pagkatapos nila akong
tanungin, nais nila akong palayain sapagkat walang dahilan
para ako’y hatulan ng parusa ng kamatayan. **19** Ngunit nang
ang mga Judio ay nagsalita labag sa kanilang nais, ako ay
napilitang umapila kay Cesar, gayon pa man kahit na hindi
ako ang nagdadala ng anumang paratang laban sa aking
bansa. **20** Dahil sa aking kahilingan, pagkatapos nakiusap
ako na makita kayo at makipag-usap sa inyo. Ito ang dahilan
kung bakit napalakas ang loob ng Israel na ako ay naigapos
sa kadenang ito. **21** At sinabi nila sa kaniya, “Kami ay walang
natanggap na mga sulat mula sa Judea patungkol sa iyo, o
sinuman sa mga kapatirang dumating at nagbalita o nagsabi
ng anumang masama patungkol sa iyo. **22** Ngunit nais
naming marinig mula sa iyo kung ano ang iniisip mo tungkol
sa sektang ito, sapagkat ipinaalam ito sa amin na alam ng
lahat at pinag-uusapan saan mang dako. **23** Nang sila ay
nagtakda ng araw para sa kaniya, maraming tao ang lumapit
sa kaniya sa lugar na kaniyang tinitirhan. Iniharap niya ang
mga bagay sa kanila, at nagpatotoo tungkol sa kaharian ng
Dios. Sinubukan niyang himukin sila patungkol kay Jesus,
ayon sa batas ni Moises at sa mga propetanasabi, niya, mula
umaga hanggang gabi. **24** Ang ilan ay nahikayat patungkol
sa mga bagay na habang ang iba ay hindi naniwala. **25** Nang
sila ay hindi sumang-ayon sa isa't isa, umalis sila pagkatapos
magsabi ni Pablo ng isang salita. “Ang Banal na Espiritu ay
nangusap ng maayos sa pamamagitan ni Isaias ang propeta
ng ating mga ninuno. **26** Sinabi niya, 'Pumunta ka sa mga
taong ito at sabihin, “Sa pamamagitan ng pakikinig kayo ay
makakarinig, ngunit hindi ninyo maintindihan; At sa paningin
kayo ay makakakita, ngunit hindi mamamalas. **27** Sapagka’t
ang puso ng mga taong ito ay naging mahina ang kanilang
tainga ay nahihirapang makarinig, ipinikit nila ang kanilang
mga mata; ni ayaw makita ng kanilang mga mata, at marinig
ng kanilang mga tainga, at maintindihan ng kanilang mga
puso, At tumalikod muli at sila'y aking pagagalingin.”” **28**
Kaya, dapat ninyong malaman na ang kaligtasan ng Dios ay
naihatid na sa mga Gentil, at sila ay makikinig.” **29** Nang
nasabi na niya ang bagay na ito, ang mga Judio ay umalis
nagkaroon ng matinding pagtatalo sa kanilang mga sarili. **30**
Si Pablo ay nanirahan ng buong dalawang taon sa kaniyang
inupahang bahay, at tinanggap niya ang lahat ng lumalapit
sa kaniya. **31** Ipinangaral niya ang kahariaan ng Dios at
itinuturo ang mga bagay patungkol sa Panginoong Jesu-
Cristo ng may katapangan. Walang sinuman ang pumigil sa
kaniya.

# Mga Roma

1 Ako si Pablo, na isang lingkod ni Jesu-Cristo, tinawag
upang maging apostol, at inilaan para sa ebanghelyo ng
Diyos. 2 Ito ang ebanghelyo na noon pa man ay ipinangako
na niya sa pamamagitan ng mga propeta sa banal na
kasulatan. 3 Ito ay tungkol sa kaniyang Anak, na ipinanganak
mula sa kaapu-apuhan ni David ayon sa laman. 4 Ipinahayag
siya bilang Anak ng Diyos ayon sa kapangyarihan ng Espiritu
ng kabanalan, sa pamamagitan ng muling pagkabuhay
mula sa kamatayan, si Jesu-Cristo na ating Panginoon.
5 Sa pamamagitan niya ay natanggap namin ang biyaya
at ang pagiging apostol upang magdulot ng pagsunod ng
pananampalataya sa lahat ng mga bansa, alang-alang sa
pangalan niya. 6 Kasama ng mga bansang ito, kayo rin ay
tinawag upang maging kay Jesu-Cristo. 7 Ang liham na ito ay
para sa lahat ng nasa Roma, ang mga minamahal ng Diyos,
na tinawag upang maging mga taong banal. Sumainyo nawa
ang biyaya at kapayapaan na nagmumula sa Diyos na
ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo. 8 Una sa lahat,
nagpapasalamat ako sa aking Diyos sa pamamagitan ni
Jesu-Cristo dahil sa inyong lahat, dahil naipapahayag ang
inyong pananampalataya sa buong mundo. 9 Sapagkat
ang Diyos ang aking saksi, na pinaglilingkuran ko sa aking
espiritu sa ebanghelyo ng kaniyang Anak, kung paano ko
kayo laging binabanggit sa kaniya. 10 Palagi kong hinihiling
sa aking mga panalangin na sa kahit anong kaparaanan,
nawa sa huli ay magtagumpay ako na makarating sa inyo
ayon sa kalooban ng Diyos. 11 Sapagkat nais ko kayong
makita, nang mabigyan ko kayo ng ilang espirituwal na
kaloob upang kayo ay mapalakas. 12 Iyon ay, nananabik
akong tayo ay magpalakasan ng loob, sa pamamagitan ng
pananampalataya ng bawat isa, ang sa inyo at sa akin.
13 Ngayon hindi ko nais na hindi ninyo malaman, mga
kapatid, na ilang ulit kong binalak na magpunta sa inyo,
ngunit ako ay hinahadlangan hanggang ngayon. Ninais
ko ito upang sa ganoon ay magkaroon ng ilang bunga sa
inyo tulad din ng ibang mga Gentil. 14 May utang ako sa
mga Griyego at sa mga dayuhan, sa mga marurunong
at sa mga mangmang. 15 Kaya, para sa akin, handa
akong ipahayag ang ebanghelyo sa inyong nasa Roma. 16
Sapagkat hindi ko ikinahihiya ang ebanghelyo, sapagkat ito
ang kapangyarihan ng Diyos upang iligtas ang sinumang
sumasampalataya, una ay sa Judio at gayon din sa Griyego.
17 Sapagkat dito ang katuwiran ng Diyos ay naihahayag mula
sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya, gaya
ng nasusulat, “Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan
ng pananampalataya.” 18 Sapagkat naihayag ang poot ng
Diyos mula sa langit laban sa lahat ng kasamaan at kawalan
ng katuwiran ng mga tao na sa pamamagitan ng kawalan
ng katuwiran ay hinahadlangan ang katotohanan. 19 Ito ay
dahil ang maaaring malaman tungkol sa Diyos ay nakikita
nila. Sapagkat niliwanagan sila ng Diyos. 20 Sapagkat ang
kaniyang likas na hindi nakikita ay malinaw na nakikita
simula pa noong likhain ang mundo. Nauunawaan ang mga
ito sa pamamagitan ng mga nilikhang bagay. Ang mga likas
na ito ay ang kaniyang walang hanggang kapangyarihan at
ang kaniyang pagka-Diyos. Kung kaya, ang mga taong ito
ay walang maidadahilan. **(aïdios g126)** 21 Sapagkat kahit kilala
nila ang Diyos, siya ay hindi nila niluwalhati bilang Diyos, ni
hindi nila siya pinasalamatan. Sa halip, naging hangal sila sa
kanilang pag-iisip at nagdilim ang manhid nilang mga puso.
22 Sila ay nagmamarunong ngunit sila ay naging mga hangal.
23 Ipinagpalit nila ang kaluwalhatian ng Diyos na walang
kamatayan para sa katulad ng imahe ng taong namamatay,
ng mga ibon, ng mga hayop na may apat na paa, at ng mga
nagsisigapang. 24 Kaya ibinigay sila ng Diyos sa pagnanasa
ng kanilang puso sa karumihan, upang malapastangan
ang kanilang mga katawan sa kani-kanilang sarili. 25
Sila iyong mga ipinagpalit ang katotohanan ng Diyos sa
kasinungalingan, at mga sumamba at naglingkod sa nilikha
sa halip na ang Lumikha, na pinupuri magpakailanman.
Amen. **(aiōn g165)** 26 Dahil dito, ibinigay sila ng Diyos sa
mga mahahalay na pagnanasa, sapagkat ipinagpalit ng
kanilang mga kababaihan ang kanilang likas na kaugnayan
sa kung ano ang laban sa likas, 27 Gayon din, iniwan ng
mga kalalakihan ang kanilang likas na kaugnayan sa mga
babae at nag-aalab sila sa kanilang pagnanasa sa kapwa
lalaki. Sila ang mga lalaking gumawa ng kahalayan sa mga
kapwa lalaki, at tumanggap sa kanilang sarili ng parusa na
nararapat sa kanilang kabuktutan. 28 Dahil ayaw nilang
magkaroon ng Diyos sa kanilang kamalayan, hinayaan
niya sila sa mahahalay na pag-iisip, upang gawin nila ang
mga bagay na hindi nararapat. 29 Napuno sila ng pawang
kawalan ng katuwiran, kasamaan, kasakiman at kahalayan.
Puno sila ng inggit, pagpatay, pag-aawayan, pandaraya at
mga masasamang hangarin. 30 Sila ay mga tsismoso, mga
mapanirang puri at nasusuklam sa Diyos. Sila ay mararahas,
mayayabang, at mapagmataas. Mga manlilikha sila ng
kasamaan at suwail sa mga magulang. 31 Wala silang pang-
unawa, hindi mapagkakatiwalaan, walang pagmamahal at
walang awa. 32 Nauunawaan nila ang mga tuntunin ng
Diyos, na ang mga gumagawa ng ganoong mga bagay
ay karapat-dapat sa kamatayan. Ngunit hindi lamang nila
ginagawa ang mga ganitong bagay, sumasang-ayon din sila
sa iba na gumagawa nito.

2 Kaya wala kang maidadahilan, ikaw tao, ikaw na
humahatol, sapagkat kung ano ang hatol mo sa iba, iyon

ang hatol mo sa iyong sarili. Sapagkat ikaw na humahatol ay
gumagawa din ng ganoong mga bagay. 2 Ngunit alam natin
na ang hatol ng Diyos ay ayon sa katotohanan kapag ito ay
bumaba sa mga gumagawa ng ganoong mga bagay. 3 Ngunit
isipin mo ito, ikaw tao, ikaw na humahatol sa mga gumagawa
ng mga bagay na ganoon, kahit na ginagawa mo rin ang
ganoong mga bagay. Makatatakas ka ba sa hatol ng Diyos?
4 O hinahamak mo ang yaman ng kaniyang kabutihan, ang
mga naantala niyang parusa, at ang kaniyang pagtitiyaga?
Hindi mo ba alam na ang kaniyang kabutihan ay siyang
aakay sa iyo sa pagsisisi? 5 Ngunit ayon sa lawak ng iyong
katigasan at iyong pusong walang pagsisisi ay nag-iimbak
ka para sa iyong sarili ng poot sa araw ng poot, iyon ay, ang
araw ng paghahayag ng matuwid na paghatol ng Diyos. 6
Magbibigay siya sa bawat tao ayon sa kaniyang ginawa: 7
sa mga patuloy na gumagawa ng mga mabubuting bagay na
naghangad ng papuri, karangalan at ng hindi pagkasira,
bibigyan niya ng buhay na walang hanggan. **(aiōnios g166)** 8
Ngunit para sa mga makasarili, mga taong hindi sumusunod
sa katotohanan ngunit sumusunod sa kalikuan, darating ang
matinding galit at poot. 9 Magdadala ang Diyos ng pagdurusa
at paghihirap sa bawat kaluluwa ng taong gumagawa ng
masama, una sa mga Judio at gayon din sa mga Griyego.
10 Subalit kapurihan, karangalan at kapayapaan ang darating
sa mga taong gumagawa ng mabuti, una sa mga Judio at
gayon din sa mga Griyego. 11 Sapagkat walang pinapanigan
ang Diyos. 12 Sapagkat ang lahat ng nagkasala na wala
ang kautusan ay mamamatay rin ng wala ang kautusan, at
ang lahat ng nagkasala sa ilalim ng kautusan ay hahatulan
ayon sa kautusan. 13 Sapagkat hindi ang mga tagapakinig
ng kautusan ang matuwid sa harapan ng Diyos, kundi ang
mga gumagawa ng kautusan ang mapapawalang-sala. 14
Sapagkat kapag ang mga Gentil na walang kautusan ay
likas na ginagawa ang mga bagay ng kautusan, sila, ay
kautusan sa kanilang mga sarili, kahit na wala sa kanila ang
kautusan. 15 Sa pamamagitan nito, ipinapakita nila na ang
mga gawang hinihingi ng kautusan ay nakasulat sa kanilang
mga puso. Pinatotohanan din ito ng kanilang mga budhi,
at pinararatangan o ipinagtatanggol sila ng kanilang isipan
sa kanilang sarili 16 at pati na rin sa Diyos. Mangyayari
iyan sa araw na hahatulan ng Diyos ang mga lihim ng
lahat ng tao, ayon sa aking ebanghelyo, sa pamamagitan
ni Jesu-Cristo. 17 Ipagpalagay na tinatawag mong Judio
ang iyong sarili, nananalig sa kautusan, nagagalak nang
may pagmamalaki sa Diyos, 18 nalalaman ang kaniyang
kalooban at sinusubok ang mga bagay na hindi sang-ayon
dito sapagkat tinuruan ka ng kautusan. 19 At ipagpalagay na
ikaw ay nakatitiyak na ikaw mismo ay taga-akay ng mga
bulag, isang ilaw sa mga nasa kadiliman, 20 tagapagturo
ng mga mangmang, guro ng mga sanggol, at sa kautusan
ay mayroon kang anyo ng kaalaman at ng katotohanan.
21 Ikaw, kung gayon, na nagtuturo sa iba, hindi mo ba
tinuturuan ang iyong sarili? Ikaw na nangangaral na huwag
magnakaw, nagnanakaw ka ba? 22 Ikaw na nagsasabing
huwag mangangalunya, nangangalunya ka ba? Ikaw na
namumuhi sa mga diyus-diyosan, ninanakawan mo ba ang
mga templo? 23 Ikaw na nagagalak na may pagmamataas sa
kautusan, nilalapastangan mo ba ang Diyos sa pamamagitan
ng iyong paglabag sa kautusan? 24 Sapagkat "ang pangalan
ng Diyos ay nilalapastangan sa mga Gentil dahil sa iyo,"
tulad ng nasusulat. 25 Sapagkat tunay na pinakikinabangan
mo ang pagtutuli kung sinusunod mo ang kautusan, ngunit
kung ikaw ay tagalabag ng kautusan, ang iyong pagtutuli
ay nagiging di pagtutuli. 26 Kung sinusunod ng taong hindi
tuli ang mga hinihingi ng kautusan, hindi ba maituturing na
pagtutuli ang kaniyang hindi pagtutuli? 27 At hindi ka ba
hahatulan ng taong likas na hindi tuli kung tutuparin niya ang
kautusan? Sapagkat nasa iyo ang mga kasulatang nasusulat
at ang pagtutuli subalit tagalabag kayo ng kautusan! 28
Sapagkat hindi siya isang Judio, siya na sa panlabas lamang;
hindi rin sa pagtutuli na panlabas lamang sa laman. 29
Ngunit siya ay Judio, siya na isang Judio sa panloob, at
ang pagtutuli ay sa puso, sa espiritu at hindi sa titik. Ang
kapurihan ng ganoong tao ay nagmumula hindi sa mga tao
kundi sa Diyos.

3 Kung gayon, ano ang kalamangan ng Judio? At ano
ang mapapakinabangan sa pagtutuli? 2 Napakarami
sa anumang paraan. Una sa lahat, ipinagkatiwala sa mga
Judio ang mga pahayag mula sa Diyos. 3 Ngunit paano
kung walang pananampalataya ang iba sa mga Judio? Ang
kawalan ng pananampalataya nila ay nagpapawalang bisa
ba sa katapatan ng Diyos? 4 Hindi kailanman mangyayari.
Sa halip, tapat ang Diyos kahit na ang bawat tao ay
sinungaling. Gaya ng nasusulat, "Upang ikaw ay makitang
matuwid sa iyong mga salita at mananaig kapag ikaw ay
mahatulan." 5 Ngunit kung ang ating pagiging hindi matuwid
ang nagpapakita ng katuwiran ng Diyos, ano ang sasabihin
natin? Matuwid ba ang Diyos kapag pinahihirapan tayo
dahil sa poot, matuwid ba siya? Nagsasalita ako ayon
sa pangangatwiran ng tao. 6 Huwag nawa ito mangyari!
Sapagkat kung ganoon, paano hahatulan ng Diyos ang
sanlibutan? 7 Ngunit kung ang katotohanan ng Diyos sa
pamamagitan ng kasinungalingan ko ay nagbibigay ng
saganang kapurihan sa kaniya, bakit pa ako hinahatulan
bilang isang makasalanan? 8 Bakit hindi nalang sabihin,
gaya ng walang katotohanang ulat ng iba na sinasabi daw
namin, at gaya ng pinatotohanan ng iba na sinasabi namin,
"Gumawa tayo ng masama, upang dumating ang kabutihan?"

Ang hatol sa kanila ay makatarungan. 9 Ano ngayon?
Sasabihin ba nating mas mabuti tayo? Hindi sa anumang
paraan. Sapagkat pinaratangan na natin ang mga Judio at
Griyego, silang lahat, sa pagiging nasa ilalim ng kasalanan.
10 Ito ay gaya ng nasusulat: “Walang matuwid, wala ni isa.
11 Walang nakauunawa. Walang humahanap sa Diyos. 12
Silang lahat ay nagsilihis. Silang lahat ay naging walang silbi.
Walang gumagawa ng mabuti, wala, wala kahit isa. 13 Ang
kanilang lalamunan ay tulad ng isang bukas na libingan. Ang
kanilang mga dila ay mayroong panlilinlang. Ang kamandag
ng ahas ay nasa kanilang mga labi. 14 Ang kanilang mga
bibig ay puno ng pagmumura at kapaitan. 15 Ang mga paa
nila ay matutulin upang magdanak ng dugo. 16 Pagkawasak
at pagdurusa ang nasa kanilang mga landas. 17 Ang mga
taong ito ay walang alam sa daan ng kapayapaan. 18 Walang
pagkatakot sa Diyos sa kanilang mga mata.” 19 Ngayon
ay nalalaman natin na anuman ang sinasabi ng batas,
ito ay sinasabi sa mga taong nasa ilalim ng batas. Ito ay
upang matikom ang bawat bibig at upang ang lahat ng nasa
sanlibutan ay may pananagutan sa Diyos. 20 Ito ay dahil
walang laman ang mapawawalang-sala sa pamamagitan
ng batas sa paningin niya. Sapagkat sa pamamagitan ng
kautusan ay dumating ang kaalaman sa kasalanan. 21
Ngunit ngayon, naipaalam na ang katuwiran ng Diyos ay
hindi sa pamamagitan ng kautusan. Ito ay nasaksihan ng
kautusan at ng mga propeta, 22 ito ay, ang katuwiran ng
Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-
Cristo para sa lahat ng mga naniniwala. Sapagkat walang
pagtatangi. 23 Sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi
nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos. 24 Sila ay napawalang-
sala nang walang bayad ng dahil sa kaniyang biyaya sa
pamamagitan ng katubusan na nakay Cristo Jesus. 25
Sapagkat ipinagkaloob ng Diyos si Cristo bilang pampasuyo
sa pamamagitan ng pananampalataya sa kaniyang dugo.
Inialay niya si Cristo, bilang patotoo sa kaniyang katarungan,
dahil sa kaniyang hindi pagpansin sa mga nakaraang
kasalanan 26 sa kaniyang pagtityatiyaga. Nangyari ang
lahat ng ito para sa pagpapakita ng kaniyang katuwiran sa
panahong ito. Ito ay upang kaniyang mapatunayan na siya
ay makatarungan at upang ipakitang pinapawalang-sala
niya ang sinuman dahil sa pananampalataya kay Jesus. 27
Kung gayon, nasaan ang pagmamalaki? Ito ay inihiwalay na!
Sa anong batayan? Sa mga gawa? Hindi, kundi batay sa
pananampalataya. 28 Kaya masasabi natin na ang isang tao
ay napawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya
na wala ang mga gawa ng kautusan. 29 O ang Diyos
ba ay Diyos ng mga Judio lamang? Hindi ba't siya rin ay
Diyos ng mga Gentil? Oo, pati ng mga Gentil. 30 Kung
magkagayon nga, na ang Diyos ay iisa, ipawawalang-sala
niya ang pagtutuli sa pamamagitan ng pananampalataya at
hindi pagtutuli sa pamamagitan ng pananampalataya. 31
Pinapawalang-bisa ba natin ang kautusan sa pamamagitan
ng pananampalataya? Huwag nawang mangyari! Sa halip,
pinapagtibay pa nga natin ang kautusan.

**4** Ano ngayon ang sasabihin natin na natuklasan ni
Abraham na ating ninuno ayon sa laman? 2 Sapagkat
kung pinawalang-sala si Abraham sa pamamagitan ng mga
gawa, magkakaroon sana siya ng dahilan upang magmalaki,
ngunit hindi sa harapan ng Diyos. 3 Sapagkat ano ang
sinasabi ng kasulatan? “Sumampalataya si Abraham sa
Diyos at ito ay ibinilang sa kaniya bilang katuwiran.” 4 Ngayon
sa kaniya na gumagawa, ang bayad ay hindi maibibilang na
biyaya, ngunit isang kabayaran. 5 Ngunit sa kaniya na hindi
gumagawa na sa halip ay sumasampalataya sa kaniya na
nagpapawalang-sala sa mga masasama, maibibilang na
katuwiran ang kaniyang pananampalataya. 6 Nagpahayag
din si David ng pagpapala sa taong ibinilang ng Diyos na
matuwid na walang gawa. 7 Sinabi niya, “Pinagpala ang mga
pinatawad sa kanilang mga katampalasanan, at ang mga
taong natakpan ang mga kasalanan. 8 Pinagpala ang tao na
hindi bibilangin ng Panginoon ang kaniyang kasalanan.” 9
Kung gayon, ang pagpapalang ito ba ay inihayag sa mga
taong tuli lamang, o pati na rin sa mga hindi tuli? Sapagkat
sinasabi natin, “Ang pananampalataya ay naibilang kay
Abraham na katuwiran.” 10 Kaya nga, paano ito naibilang?
Nang si Abraham ba ay tinuli na o hindi pa? Hindi sa
pagtutuli, kundi sa hindi pagtutuli. 11 Tinanggap ni Abraham
ang tanda ng pagtutuli. Ito ay tatak ng pagkamatuwid ng
pananampalataya na mayroon na siya nang siya hindi pa
natutuli. Ang bunga ng tandang ito ay siya ang naging ama
ng lahat ng nananampalataya, kahit na hindi sila ay nasa
hindi pagtutuli. Ito ay nangangahulugan na ang katuwiran ay
maibibilang sa kanila. 12 Ito ay nangangahulugan ding si
Abraham ay naging ama ng pagtutuli, hindi lamang sa mga
tuli, kundi pati na rin sa mga sumusunod sa mga yapak ng
ating amang si Abraham. At ito ang pananampalataya na
mayroon siya noong hindi pa siya natutuli. 13 Sapagkat ang
pangako na naibigay kay Abraham at pati na rin sa kaniyang
mga kaapu-apuhan ay hindi sa pamamagitan ng kautusan,
ang pangakong ito na sila ang magiging mga tagapagmana
ng mundo. Sa halip ay sa pamamagitan ng katuwiran ng
pananampalataya. 14 Sapagkat kung ang mga kabilang
sa kautusan ay tagapagmana, ang pananampalataya ay
walang kabuluhan, at mawawalan ng bisa ang pangako.
15 Sapagkat matinding galit ang naibibigay ng kautusan,
ngunit kung saan walang kautusan, wala ring pagsuway.
16 Sa kadahilanang ito, nangyayari ito sa pamamagitan ng
pananampalataya, upang ito ay sa pamamagitan ng biyaya.

Ang kalalabasan, ang pangako ay tiyak para sa lahat ng
mga kaapu-apuhan. At hindi lamang ang mga nakakaalam
sa kautusan ang makakabilang sa mga kaapu-apuhan na ito,
kundi pati na rin ang mga nagmula sa pananampalataya ni
Abraham. Sapagkat siya ang ama nating lahat, 17 tulad ng
nasusulat, “Ginawa kitang ama ng maraming bansa.” Naroon
si Abraham sa presensiya ng kaniyang pinagkakatiwalaan,
iyon ay ang Diyos, na nagbibigay buhay sa mga patay
at lumilikha sa mga bagay na wala pa. 18 Sa kabila ng
lahat ng mga pangyayari, nagtiwala ng lubusan si Abraham
sa Diyos para sa hinaharap. Kaya naging ama siya ng
maraming bansa, tulad ng sinabi, “... Magiging ganoon
ang iyong mga kaapu-apuhan.” 19 Hindi siya mahina sa
pananampalataya. Kinilala ni Abraham na patay na ang
kaniyang katawan sapagkat mag-iisandaang taon na siya.
Kinilala rin niya ang pagiging patay ng bahay-bata ni Sara.
20 Ngunit dahil sa pangako ng Diyos, hindi nag-alinlangan si
Abraham sa pananampalataya. Sa halip, napalakas siya sa
pananampalataya at nagbigay papuri sa Diyos. 21 Lubos
siyang naniwala na kung ano ang ipinangako ng Diyos,
kaya din niyang tuparin. 22 Kung kaya ito ay itinuring sa
kaniya bilang katuwiran. 23 Ngayon, hindi ito isinulat para
lamang sa kaniyang kapakinabangan, na ibinilang sa kaniya.
24 Ito rin ay isinulat para rin sa atin, na ibibilang, tayong
nanampalataya sa kaniya na bumuhay kay Jesus na ating
Panginoon mula sa kamatayan. 25 Ito ang siyang ibinigay
para sa ating mga kasalanan at muling binuhay para sa
ating pagpapawalang-sala.

**5** Yamang napawalang-sala tayo sa pamamagitan ng
pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Diyos
sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo. 2
Sa pamamagitan niya nagkaroon din tayo ng daan sa
pamamagitan ng pananampalataya sa biyayang ito na
kung saan tayo ay tumatayo. Nagagalak tayo sa pananalig
na ibinibigay sa atin ng Diyos para sa hinaharap, ang
pananalig na makikibahagi tayo sa kaluwalhatian ng Diyos.
3 Hindi lamang ito, ngunit nagagalak din tayo sa ating mga
pagdurusa. Alam natin na ang pagdurusa ay nagbubunga ng
pagtitiis. 4 Ang pagtitiis ay nagbubunga ng pagsang-ayon, at
ang pagsang-ayon ay nagbubunga ng katiyakan para sa
hinaharap. 5 Hindi mangbibigo ang pananalig na ito, dahil
ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso sa
pamamagitan ng Banal na Espiritu, na siyang ibinigay sa
atin. 6 Sapagkat habang mahina pa lamang tayo, namatay
si Cristo sa tamang panahon para sa mga hindi maka-
diyos. 7 Sapagkat mahirap para sa isang tao na mamatay
para sa isang matuwid na tao. Iyan ay, marahil kung may
isang maglalakas-loob na mamatay para sa mabuting tao.
8 Ngunit pinatunayan ng Diyos ang kaniyang pag-ibig sa
atin, dahil noong makasalanan pa tayo, namatay si Cristo
para sa atin. 9 Mas higit pa sa ngayong napawalang-sala na
tayo sa pamamagitan ng kaniyang dugo, maililigtas tayo sa
pamamagitan nito mula sa poot ng Diyos. 10 Sapagkat kung,
noong tayo ay mga kaaway, ipinagkasundo tayo sa Diyos
sa pamamagitan ng kamatayan ng kaniyang Anak, higit pa
ngayon na pagkatapos tayong ipinagkasundo, maililigtas
tayo sa pamamagitan ng kaniyang buhay. 11 Hindi lamang
ito, ngunit nagagalak din tayo sa Diyos sa pamamagitan ng
ating Panginoong Jesu-Cristo, na sa pamamagitan niya ay
natanggap natin ang pagkakasundong ito. 12 Kung gayon,
sa pamamagitan ng isang tao pumasok ang kasalanan
sa sanlibutan, sa ganitong kapamaraanan pumasok ang
kamatayan dahil sa kasalanan. At lumaganap ang kamatayan
sa sangkatauhan, dahil nagkasala ang lahat. 13 Sapagkat
bago ang kautusan, ang kasalanan ay nasa sanlibutan
na, ngunit walang pananagutan para sa kasalanan kung
walang kautusan. 14 Gayunpaman, naghari ang kamatayan
mula kay Adan hanggang kay Moises, at kahit pa sa mga
hindi nagkasala na katulad ng pagsuway ni Adan na siyang
huwaran ng paparating. 15 Ngunit gayunpaman, ang kaloob
na walang bayad ay hindi gaya ng pagkakasala. Sapagkat
kung sa pamamagitan ng pagkakasala ng isa ay namatay
ang marami, mas higit pa na sumagana para sa marami ang
biyaya ng Diyos at ang kaloob sa pamamagitan ng biyaya
ng isang tao na si Jesu-Cristo. 16 Sapagkat ang kaloob
ay hindi tulad ng kinahantungan ng nagkasala. Sa isang
banda, dumating ang paghatol ng kaparusahan dahil sa
pagkakasala ng isang tao. Ngunit sa kabilang banda, ang
kaloob na nagbubunga ng pagpapawalang-sala ay dumating
pagkatapos ng maraming pagkakasala. 17 Sapagkat kung
sa pamamagitan ng pagkakasala ng isa, ang kamatayan ay
naghari sa pamamagitan ng isa, mas lalo nang maghahari
ang mga tatanggap ng kasaganahan ng biyaya at ng kaloob
ng katuwiran sa pamamagitan ng buhay ng isa na si Jesu-
Cristo. 18 Kung gayon, dahil sa pagkakasala ng isa, ang
lahat ng tao ay dumating sa kaparusahan, gayon din sa
pamamagitan ng isang gawa ng katuwiran ay dumating ang
pagpapawalang-sala ng buhay para sa lahat ng tao. 19 Dahil
sa pamamagitan ng pagsuway ng isang tao, ang lahat ay
naging makasalanan, gayon din naman sa pamamagitan ng
pagsunod ng isa, marami ang naging matuwid. 20 Ngunit
dumating ang kautusan, upang sa gayon ang pagkakasala
ay managana. Ngunit sa pananagana ng kasalanan, higit
na nanagana ang biyaya. 21 Nangyari ito upang, gaya ng
kamatayan na naghahari sa kamatayan, gayon din naman
ang biyaya ay maghari sa pamamagitan ng katuwiran para
sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesu-
Cristo na ating Panginoon. **(aiōnios g166)**

6 Ano ngayon ang sasabihin natin? Dapat ba tayong
magpatuloy sa kasalanan upang managana ang biyaya?
2 Huwag nawa itong mangyari. Tayong mga namatay sa
kasalanan, paano pa tayo mamumuhay rito? 3 Hindi ba
ninyo alam na kung gaano karami ang nabautismuhan kay
Jesu-Cristo ay nabautismuhan sa kaniyang kamatayan? 4
Inilibing na tayo kasama niya sa pamamagitan ng bautismo
sa kamatayan. Nangyari ito upang gaya ng pagkabuhay ni
Cristo mula sa patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng
Ama, lalakad din tayo sa panibagong buhay. 5 Sapagkat kung
tayo ay nakiisa sa kaniya sa wangis ng kaniyang kamatayan,
tayo rin ay makikiisa sa kaniyang muling pagkabuhay. 6
Nalalaman natin ito, na ang dati nating pagkatao ay ipinako
sa krus kasama niya, upang sa gayon ay masira ang
ating katawang makasalanan. Nangyari ito upang hindi na
tayo maging alipin pa ng kasalanan. 7 Siya na namatay
ay inihayag na matuwid hinggil sa kasalanan. 8 Ngunit
kung namatay tayo kasama ni Cristo, naniniwala tayong
mabubuhay din tayong kasama niya. 9 Alam nating si Cristo
ay binuhay mula sa patay at hindi na siya patay. Hindi na
naghahari sa kaniya ang kamatayan. 10 Sapagkat ukol sa
kamatayan na namatay siya sa kasalanan, namatay siya
nang minsanan para sa lahat. Subalit, ang buhay na kaniyang
ipinamuhay ay ipinamuhay niya para sa Diyos. 11 Sa ganoon
ding paraan, kinakailangan din ninyong ituring ang inyong
mga sarili na patay sa kasalanan, ngunit buhay sa Diyos kay
Cristo Jesus. 12 Samakatuwid huwag ninyong hayaan na
pagharian ng kasalanan ang inyong mga namamatay na
katawan upang inyong sundin ang mga pagnanasa nito. 13
Huwag ninyong ihandog ang mga bahagi ng inyong katawan
sa kasalanan bilang kasangkapan para sa kasamaan, ngunit
ihandog ninyo ang inyong mga sarili sa Diyos, na buhay
mula sa patay. At ihandog ninyo ang mga bahagi ng inyong
katawan bilang kasangkapan ng katuwiran para sa Diyos. 14
Huwag ninyong hayaan na pagharian kayo ng kasalanan.
Sapagkat wala na kayo sa ilalim ng kautusan ngunit sa
ilalim ng biyaya. 15 Kaya ano? Magkakasala ba tayo dahil
wala tayo sa ilalim ng kautusan, ngunit sa ilalim ng biyaya?
Huwag nawa itong mangyari. 16 Hindi ba ninyo alam na
ang pinaghandugan ninyo ng inyong mga sarili bilang mga
alipin ay siyang inyong pinaglilingkuran, ang siyang dapat
ninyong sundin? Totoo ito, mga alipin man kayo sa kasalanan
na patungo sa kamatayan, o mga alipin sa pagsunod na
patungo sa katuwiran. 17 Ngunit salamat sa Diyos! Sapagkat
kayo ay dating mga alipin ng kasalanan, ngunit sinunod
ninyo mula sa puso ang uri ng katuruang ibinigay sa inyo. 18
Pinalaya kayo sa kasalanan, at ginawa kayong mga alipin
kayo ng katuwiran. 19 Nagsasalita ako tulad ng isang tao
dahil sa kahinaan ng inyong laman. Sapagkat gaya ng
paghahandog ninyo ng mga bahagi ng inyong katawan bilang
mga alipin sa karumihan at kasamaan, ngayon, sa ganoon
ding paraan, ihandog ninyo ang mga bahagi ng inyong
katawan bilang alipin sa katuwiran para sa ikababanal. 20
Sapagkat noong kayo ay mga alipin ng kasalanan, malaya
kayo sa katuwiran. 21 Sa mga panahong iyon, ano ang
naging bunga ng mga bagay na ikinahihiya na ninyo ngayon?
Sapagkat ang kinahantungan ng mga bagay na iyon ay
kamatayan. 22 Ngunit ngayon na kayo ay pinalaya mula
sa kasalanan at alipin na ng Diyos, nasa inyo ang inyong
bunga para sa ikababanal. Ang kahihinatnan ay buhay na
walang hanggan. **(aiōnios g166)** 23 Sapagkat ang kabayaran
ng kasalanan ay kamatayan, ngunit ang libreng kaloob ng
Diyos ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na
ating Panginoon. **(aiōnios g166)**

7 O hindi ba ninyo nalalaman, mga kapatid (sapagkat
nagsasalita ako sa mga taong may alam tungkol sa
kautusan), na ang kautusan ang namamahala sa isang
tao habang siya ay nabubuhay? 2 Sapagkat itinatali ng
kautusan ang asawang babae sa kaniyang asawa habang
siya ay nabubuhay, ngunit kung mamatay ang asawang
lalaki, malaya na siya sa kautusan ng pag-aasawa. 3 Kung
gayon, habang nabubuhay pa ang kaniyang asawang lalaki,
kapag nakipamuhay siya sa ibang lalaki, tatawagin siyang
mangangalunya. Ngunit kung namatay ang asawang lalaki,
malaya na siya sa kautusan, kaya hindi na siya isang
mangangalunya kung namumuhay siya kasama ang ibang
lalaki. 4 Kaya, aking mga kapatid, naging patay kayo sa batas
sa pamamagitan ng katawan ni Cristo. Ito ay upang maaari
kayong makisama sa iba, iyan ay, sa kaniya na binuhay mula
sa patay, upang sa gayon maaari tayong magsipagbunga
para sa Diyos. 5 Sapagkat noong tayo ay nasa laman, ang
mga makasalanang pagnanasa ay naging buhay sa ating
mga bahagi sa pamamagitan ng kautusan na magbibigay
ng bunga sa kamatayan. 6 Ngunit ngayon, pinakawalan
na tayo mula sa kautusan. Namatay tayo sa kung ano ang
dating humahawak sa atin. Ito ay upang makapaglingkod
tayo sa panibagong Espiritu at hindi sa kalumaan ng sulat. 7
Kaya ano ang sasabihin natin? Ang kautusan ba mismo ay
kasalanan? Huwag nawa itong mangyari. Gayunpaman,
hindi ko sana malalaman ang kasalanan, kung hindi dahil sa
kautusan. Sapagkat hindi ko sana malalaman ang tungkol
sa kasakiman kung hindi sinabi ng kautusan na, “Huwag
kang maging sakim”. 8 Ngunit kinuha ng kasalanan ang
pagkakataon sa pamamagitan ng kautusan at nagdala
sa akin ng bawat masamang pagnanasa. Sapagkat kung
walang kautusan, patay ang kasalanan. 9 Minsan akong
nabuhay na wala ang kautusan, ngunit nang dumating
ang kautusan, muling nabuhay ang kasalanan at namatay

ako. 10 Ang kautusan na magdadala sana ng buhay ay
naging kamatayan para sa akin. 11 Sapagkat kinuha ng
kasalanan ang pagkakataon sa pamamagitan ng kautusan
at nilinlang ako. Sa pamamagitan ng kautusan, pinatay ako
ng kasalanan. 12 Kaya banal ang kautusan at ang utos ay
banal, matuwid at mabuti. 13 Kaya, ang mabuti nga ba ay
naging kamatayan sa akin? Huwag nawa itong mangyari.
Ngunit ang kasalanan, upang maipakitang ito ay kasalanan
sa pamamagitan ng mabuti, ay nagdala ng kamatayan sa
akin. Ito ay upang sa pamamagitan ng kautusan, maaaring
ang kasalanan ay maging kasalanang walang kapantay.
14 Sapagkat alam natin na ang kautusan ay espirituwal,
ngunit ako ay sa laman. At ipinagbili akong alipin sa ilalim
ng kasalanan. 15 Sapagkat hindi ko talaga maintindihan
ang aking ginagawa. Sapagkat hindi ko ginagawa ang nais
kong gawin, at ang ayaw kong gawin ay siya namang aking
ginagawa. 16 Ngunit kung ginagawa ko ang ang ayaw kong
gawin, sumasang-ayon ako sa kautusan, na ang kautusan
ay mabuti. 17 Ngunit ngayon hindi na ako ang gumagawa
nito, kundi ang kasalanang nananahan sa akin. 18 Sapagkat
alam ko na sa akin, sa aking laman, ay walang nananahang
mabuti. Sapagkat ang kagustuhan para sa mabuti ay nasa
akin, ngunit hindi ko ito magawa. 19 Sapagkat ang mabuti na
nais ko ay hindi ko ginagawa, ngunit ang masama na ayaw
ko, ang ginagawa ko. 20 Ngayon kung ginagawa ko ang
ayaw kong gawin, kung gayon hindi na ako ang gumagawa
nito, kundi ang kasalanang namumuhay sa akin. 21 Kaya,
natuklasan ko na ang prinsipyo na nasa akin, na nais kong
gawin ang mabuti, subalit ang kasamaang iyon ay naririto
sa akin. 22 Sapagkat nagagalak ako sa kautusan ng Diyos
sa aking kaibuturan. 23 Ngunit may nakikita akong ibang
tuntunin sa mga bahagi ng aking katawan. Nilalabanan
nito ang bagong tuntunin sa aking isipan. Binibihag ako
nito sa pamamagitan ng tuntunin ng kasalanan na nasa
mga bahagi ng aking katawan. 24 Kaawa-awa akong tao!
Sino ang magliligtas sa akin mula sa katawang ito ng
kamatayan? 25 Ngunit ang pasasalamat ay sa Diyos sa
pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon! Kaya
ako mismo ay naglilingkod sa kautusan ng Diyos sa aking
isipan. Gayunman, sa laman naglilingkod ako sa tuntunin ng
kasalanan.

8 Kung gayon, wala ng paghatol sa mga taong na kay
Cristo Jesus. 2 Sapagkat pinalaya ako ng tuntunin ng
Espiritu ng buhay na nakay Cristo Jesus mula sa tuntunin ng
kasalanan at kamatayan. 3 Sapagkat kung ano ang hindi
kayang gawin ng kautusan dahil mahina ito sa pamamagitan
ng laman ay ginawa ng Diyos. Isinugo niya ang kaniyang
sariling Anak na kawangis ng makasalanang laman para
maging isang handog sa kasalanan, at hinatulan niya ang
kasalanan sa laman. 4 Ginawa niya ito upang sa gayon ang
mga hinihingi ng kautusan ay matupad sa atin, tayong mga
hindi lumalakad ayon sa laman, ngunit ayon sa Espiritu.
5 Ang mga namumuhay ayon sa laman ay binibigyang-
pansin ang mga bagay na para sa laman, ngunit ang mga
namumuhay ayon sa Espiritu ay binibigyang pansin ang
mga bagay na para sa Espiritu. 6 Sapagkat ang kaisipan ng
laman ay kamatayan, ngunit ang kaisipan ng Espiritu ay
buhay at kapayapaan. 7 Ito ay dahil sumasalungat sa Diyos
ang kaisipan ng laman, sapagkat hindi ito nagpapasakop sa
kautusan ng Diyos, ni hindi ito maaaring maging sakop. 8
Hindi kayang pasiyahin ng taong nasa laman ang Diyos. 9
Gayunman, wala na kayo sa laman ngunit nasa Espiritu,
kung totoong ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa inyo.
Ngunit kung wala sa isang tao ang Espiritu ni Cristo, siya
ay hindi kabilang sa kaniya. 10 Kung nasa inyo si Cristo,
sa isang panig ang katawan ay patay sa kasalanan, ngunit
sa kabilang panig ang espiritu ay buhay sa katuwiran. 11
Kung ang Espiritu ng Diyos na bumuhay kay Jesus mula sa
kamatayan ang nananahan sa inyo, siya na bumuhay kay
Cristo mula sa kamatayan ang magbibigay din ng buhay sa
inyong mga namamatay na katawan sa pamamagitan ng
kaniyang Espiritu na siyang nananahan sa inyo. 12 Kaya
nga, mga kapatid, may mga utang tayo, ngunit hindi sa
laman upang mamuhay ayon sa laman. 13 Sapagkat kung
mabubuhay kayo ayon sa laman, kayo ay mamamatay,
ngunit kung sa pamamagitan ng Espiritu inyong pinatay ang
mga gawain ng inyong katawan, kayo ay mabubuhay. 14
Sapagkat marami ang pinapangunahan ng Espiritu ng Diyos,
sila ay mga anak ng Diyos. 15 Sapagkat hindi ninyo muling
tinanggap ang espiritu ng pagkabihag upang matakot. Sa
halip, natanggap natin ang espiritu ng pagkupkop, na kung
saan sumisigaw tayo ng, “Abba, Ama!” 16 Ang Espiritu
mismo ang nagpapatotoo kasama ang ating espiritu na
tayo ay mga anak ng Diyos. 17 Kung tayo ay mga anak,
mga tagapagmana rin tayo, mga tagapagmana ng Diyos.
At kasama tayo ni Cristo bilang mga tagapagmana, kung
tunay nga tayong magdusa kasama niya upang sa gayon
maluwalhati rin tayo kasama niya. 18 Sapagkat itinuturing ko
na ang mga pagdurusa sa panahong ito ay hindi karapat-
dapat na ihalintulad sa kaluwalhatian na maihahayag sa
atin. 19 Sapagkat ang nananabik na pag-asa ng mga
nilikha ay naghihintay para sa paghahayag sa mga anak ng
Diyos. 20 Sapagkat napasailalim sa pagkawalang-saysay
ang mga nilikha, hindi sa sarili nitong kalooban, kundi sa
kaniya na siyang nagpasailalim nito. Ito ay dahil sa tiyak
na kasiguraduhan 21 na ang nilikha mismo ay maililigtas
mula sa pagkaalipin hanggang sa pagkabulok at madadala
ito sa kalayaan ng kaluwalhatian ng mga anak ng Diyos.

22 Sapagkat alam natin na magkasamang dumadaing at
naghihirap sa sakit ang buong nilikha hanggang ngayon. 23
Hindi lamang iyan, ngunit maging tayo mismo, na nagtataglay
ng mga unang bunga ng Espiritu—kahit tayo mismo ay
dumadaing sa ating mga sarili, naghihintay para sa ating
pagkakakupkop, ang pagkatubos ng ating katawan. 24
Sapagkat nailigtas tayo sa pamamagitan ng katiyakang ito.
Ngunit hindi pa nakikita ang kinatitiyakan nating mangyayari,
sapagkat sino ang may katiyakan na maghihintay sa nakita
na niya? 25 Ngunit kung nakatitiyak tayo tungkol sa hindi
pa natin nakikita, naghihintay tayo ng may pagtitiyaga para
dito. 26 Sa ganoon paraan, tumutulong din ang Espiritu
sa ating kahinaan. Sapagkat hindi natin alam kung paano
tayo dapat manalangin, ngunit ang Espiritu mismo ang
namamagitan sa atin ng mga daing na hindi maipahayag
na mga daing. 27 Ang sumisiyasat ng mga puso ay alam
ang kaisipan ng Espiritu, dahil namamagitan siya para sa
mga mananampalataya ayon sa kalooban ng Diyos. 28
Nalalaman natin na sa mga nagmamahal sa Diyos, sa lahat
ng bagay gumagawa siya para sa ikabubuti, ng mga tinawag
ayon sa kaniyang layunin. 29 Dahil ang mga kilala na niya
noong una pa man, ay itinalaga din niya na matulad sa
imahe ng kaniyang Anak, upang siya ang maging panganay
sa maraming magkakapatid. 30 Ang kaniyang mga itinalaga,
sila rin ang kaniyang mga tinawag. Ang kaniyang mga
tinawag, sila rin ang kaniyang mga pinawalang-sala. Ang
kaniyang mga pinawalang-sala, kaniya ring niluwalhati. 31
Ano ngayon ang sasabihin natin sa mga bagay na ito?
Kung ang Diyos ay para sa atin, sino ang laban sa atin? 32
Siya na hindi ipinagkait ang kaniyang sariling Anak ngunit
ibinigay niya para sa ating lahat, paanong hindi niya rin
ibibigay sa atin ng libre ang lahat ng bagay? 33 Sino ang
magpaparatang laban sa mga pinili ng Diyos? Ang Diyos ang
siyang nagpapawalang-sala. 34 Sino ang hahatol? Si Cristo
na siyang namatay para sa atin at higit pa roon, binuhay din
siyang muli. Naghahari siya kasama ang Diyos sa lugar ng
karangalan at siya ang namamagitan para sa atin. 35 Sino
ang maghihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ni Cristo? Ang
matinding pagdurusa ba, o pagdadalamhati, o pag-uusig, o
pagkagutom, o kahubaran, o panganib, o espada? 36 Gaya
ng nasusulat, "Para sa iyong kapakinabangan pinapatay
kami buong araw. Itinuturing kaming tulad ng isang tupa
na kakatayin." 37 Sa lahat ng bagay na ito, higit pa tayo
sa mga manlulupig sa pamamagitan ng nagmamahal sa
atin. 38 Sapagkat naniniwala ako na kahit ang kamatayan, ni
ang buhay, ni mga anghel, ni mga pamahalaan, ni ang mga
bagay sa kasalukuyan, ni ang mga bagay na darating, ni ang
mga kapangyarihan, 39 ni ang kataasan, ni ang kailaliman,
ni anumang bagay na nilikha, ang makapaghihiwalay sa
atin sa pag-ibig ng Diyos, na na kay Cristo Jesus na ating
Panginoon.

9 Sinasabi ko ang katotohanan sa pamamagitan ni Cristo.
Hindi ako nagsisinungaling, at kasamang nagpapatunay
ang aking konsiyensya sa Banal na Espiritu, 2 na sa akin
ay may labis na kalungkutan at walang tigil na kirot sa
aking puso. 3 Sapagkat nanaisin kong ako na lamang ang
maisumpa at maihiwalay kay Cristo para sa kapakanan ng
aking mga kapatid, silang aking mga kalahi ayon sa laman.
4 Sila ay mga Israelita. Nasa kanila ang pagkupkop, ang
kaluwalhatian, ang mga kasunduan, ang kaloob ng batas, ang
pagsamba sa Diyos, at ang mga pangako. 5 Sa kanilang mga
ninuno nagmula si Cristo ayon sa laman—na siyang Diyos sa
lahat. Nawa purihin siya magpakailanman. Amen. **(aiōn g165)** 6
Ngunit hindi sa nabigo ang mga pangako ng Diyos. Sapagkat
hindi lahat ng nasa Israel ang tunay na kabilang sa Israel. 7
Hindi rin lahat ng kaapu-apuhan ni Abraham ay tunay niyang
mga anak. Ngunit, "Sa pamamagitan ni Isaac tatawagin ang
iyong mga kaapu-apuhan." 8 Iyan ay, ang mga anak sa
laman ay hindi mga anak ng Diyos. Ngunit ang mga anak ng
pangako ay itinuturing na kaapu-apuhan. 9 Sapagkat ito
ang salita ng pangako, "Sa panahong ito ay darating ako, at
isang anak na lalaki ang maibibigay kay Sarah." 10 Hindi
lamang ito, ngunit pagkatapos ring magbuntis ni Rebecca sa
pamamagitan ng isang lalaki, na ating amang si Isaac— 11
sapagkat ang mga anak ay hindi pa isinisilang at walang
pang nagagawang mabuti o masama, upang ang layunin ng
Diyos ayon sa pagpili ang manatili, hindi dahil sa mga gawa,
kung hindi ay dahil sa kaniya na tumatawag— 12 sinabi sa
kaniya, "Ang mas matanda ay maglilingkod sa mas bata." 13
Tulad ng nasusulat: "Inibig ko si Jacob, ngunit kinamuhian ko
si Isau." 14 Kung gayon, ano ang sasabihin natin? Mayroon
bang kawalan ng katarungan sa Diyos? Huwag nawang
mangyari. 15 Sapagkat sinabi niya kay Moises, "Kaaawaan
ko ang sinumang kaaawan ko, at kahahabagan ko ang
sinumang kahahabagan ko." 16 Kaya nga, hindi dahil sa
kaniya na nagnanais, hindi rin dahil sa kaniya na tumatakbo,
kundi dahil sa Diyos, na nagpapakita ng awa. 17 Sapagkat
sinasabi ng kasulatan kay Paraon, "Dahil sa layuning ito kaya
itinaas kita, upang maipakita ko ang aking kapangyarihan sa
pamamagitan mo, at upang maipahayag ang pangalan ko
sa buong mundo." 18 Kaya nga, may awa ang Diyos sa
sinumang nais niyang kaawaan, at pinapatigas niya ang
kalooban ng sinumang naisin niya. 19 Sasabihin mo sa
akin, "Bakit pa siya humahanap ng kamalian? Sapagkat
sino ang nakapigil sa kaniyang kalooban ni minsan?" 20 Sa
kabilang banda, tao, sino kang sumasagot laban sa Diyos?
Sasabihin ba ng hinulma sa humulma nito, "Bakit mo ako
ginawang ganito?" 21 Wala bang karapatan sa putik ang

magpapalayok, upang gawin sa iisang tumpok ng putik ang
isang sisidlan para sa natatanging paggagamitan, at ang isa
pang sisidlan para sa pangaraw-araw na paggagamitan? **22**
Paano kung ang Diyos, na nagnanais ipakita ang kaniyang
galit at ipahayag ang kaniyang kapangyarihan, ay nagtiyaga
ng may labis na pagtitiis sa mga sisidlan ng galit na naihanda
para sa pagkawasak? **23** Paano kung ginawa niya ito upang
mahayag ang kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian sa
mga sisidlan ng awa, na noon pa ay inihanda na niya para
sa kaluwalhatian? **24** Paano kung ginawa niya rin ito para sa
atin, na tinawag din niya, hindi lamang mula sa mga Judio,
ngunit mula rin sa mga Gentil? **25** Gaya rin ng sinasabi
niya sa Hosea: “Tatawagin kong mga tao ko ang hindi ko
dating mga tao, at minamahal na hindi dating minamahal.”
**26** At sa lugar na pinagsabihan sa kanila, 'Hindi ko kayo
mga tao,' doon ay tatawagin silang “mga anak ng Diyos na
buhay.'” **27** Isinisigaw ni Isaias ang tungkol sa Israel, “Kung
ang bilang ng mga anak ng Israel ay sindami ng buhangin
sa dagat, mangyayari na ang nalalabi lamang ang maliligtas.
**28** Sapagkat hindi magtatagal, lubusan ng tutuparin ng
Panginoon ang kaniyang salita sa daigdig.” **29** At ito ay gaya
ng sinabi ni Isaias noon, “Kung hindi nagtira ng mga lahi
ang Panginoon ng mga hukbo para sa atin, tayo ay naging
katulad sana ng Sodoma, at naging katulad ng Gomorra. **30**
Kung gayon, ano sasabihin natin? Na ang mga Gentil na hindi
nagsisikap para sa katuwiran, ay nagkamit ng katuwiran, ang
katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya. **31** Ngunit
ang Israel, na nagsikap ng katuwiran sa kautusan ay hindi
nagkamit nito. **32** Bakit hindi? Dahil hindi nila ito sinikap sa
pamamagitan ng pananampalataya, kundi sa pamamagitan
ng mga gawa. Natisod sila sa batong katitisuran, **33** gaya ng
nasusulat, “Tingnan ninyo, naglagay ako sa Sion ng batong
katitisuran at malaking batong kadadapaan. Ang sinumang
manampalataya rito ay hindi mapapahiya.”

**10** Mga kapatid, ang nais ng aking puso at ang hiling ko sa
Diyos ay para sa kanila, para sa kanilang kaligtasan.
**2** Sapagkat sila ay pinatotohanan ko na mayroon silang
pagsisikap para sa Diyos, ngunit hindi ayon sa kaalaman. **3**
Sapagkat hindi nila nalalaman ang katuwiran ng Diyos, at
pinagsisikapan nilang itatag ang kanilang sariling katuwiran.
Hindi sila nagpasakop sa katuwiran ng Diyos. **4** Sapagkat
si Cristo ang katuparan ng kautusan para sa katuwiran ng
lahat ng sumasampalataya. **5** Sapagkat sumulat si Moises
tungkol sa katuwiran na nagmumula sa kautusan: “Ang taong
gumagawa ng katuwiran ng kautusan ay mabubuhay sa
katuwirang ito.” **6** Ngunit ganito ang sinasabi ng katuwiran na
nanggagaling sa pananampalataya, “Huwag mong sabihin
sa iyong puso, 'Sino ang aakyat sa langit?' (sa makatuwid
ay upang pababain si Cristo). **7** At huwag mong sasabihing,
'Sino ang bababa sa kailaliman?'” (sa makatuwid ay upang
iakyat si Cristo mula sa patay.) **(Abyssos g12)** **8** Ngunit ano
ang sinasabi nito? “Malapit sa iyo ang salita, sa iyong bibig
at sa iyong puso.” Iyan ang salita ng pananampalataya,
na aming ipinapahayag. **9** Sapagkat kung sa iyong bibig,
kinikilala mo si Jesus bilang Panginoon, at nananampalataya
ka sa iyong puso na binuhay siya ng Diyos mula sa mga
patay, maliligtas ka. **10** Sapagkat sa puso nananampalataya
ang tao sa katuwiran, at sa bibig kumikilala siya para
sa kaligtasan. **11** Sapagkat sinasabi ng kasulatan, “Ang
sinumang nananampalataya sa kaniya ay hindi mapapahiya.”
**12** Sapagkat walang pagkakaiba ang Judio at Griyego. Dahil
iisang Panginoon ang Panginoon ng lahat, at mayaman siya
sa lahat ng mga tumatawag sa kaniya. **13** Sapagkat ang
lahat na tumatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas.
**14** Kung gayon, paano sila tatawag sa kaniya na hindi
nila sinasampalatayanan? At paano sila sasampalataya sa
kaniya na hindi pa nila naririnig? At paano sila makakarinig
kung walang tagapangaral? **15** At paano sila mangangaral
kung hindi sila isinugo? — Gaya ng nasusulat, “Kayganda
ng mga paa ng mga nagpapahayag ng mga masasayang
balita ng mga mabubuting bagay!” **16** Ngunit hindi lahat
sa kanila ay nakinig sa ebanghelyo. Sapagkat sinasabi ni
Isaias, “Panginoon, sino ang naniwala sa aming mensahe?”
**17** Kaya ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig,
at pakikinig sa salita ni Cristo. **18** Ngunit sinasabi ko, “Hindi
ba nila narinig?” Oo, tiyak na narinig nila. “Ang kanilang tinig
ay nakarating sa buong mundo, at ang kanilang mga salita
sa mga dulo ng mundo.” **19** Bukod dito, sinasabi ko, “Hindi
ba nalaman ng Israel?” Noong una ay sinabi ni Moises,
“Iinggitin ko kayo sa pamamagitan ng isang hindi bansa.
Sa pamamagitan ng isang bansang walang pagkaunawa,
gagalitin ko kayo.” **20** At sinasabi ni Isaias nang buong
tapang, “Natagpuan ako ng mga hindi humanap sa akin.
Nagpakita ako sa mga hindi nagtatanong tungkol sa akin.”
**21** Ngunit sa Israel sinasabi niya, “Buong araw kong iniunat
ang aking mga kamay sa mga taong suwail at matitigas ang
ulo.”

**11** Kung gayon sinasabi ko, itinakwil ba ng Diyos ang
kaniyang mga tao? Nawa ay hindi kailanman. Sapagkat
ako rin ay isang Israelita, kaapu-apuhan ni Abraham, mula
sa tribu ni Benjamin. **2** Hindi itinakwil ng Diyos ang kaniyang
mga tao, na kilala na niya noon pa man. Hindi ba ninyo
alam kung ano ang sinasabi ng kasulatan tungkol kay Elias,
kung paano siya nakiusap sa Diyos laban sa Israel? **3**
“Panginoon, pinatay nila ang iyong mga propeta, giniba nila
ang iyong mga altar. Ako na lamang ang naiwan, at gusto
nila ang akong patayin.” **4** Ngunit ano ang sagot sa kaniya
ng Diyos? “May inilaan ako para sa aking sarili na pitong

libong lalaking hindi lumuhod kay Baal." 5 Ganoon din nga,
sa panahong ito, mayroon pang nalalabi dahil sa pagpili ng
biyaya. 6 Ngunit kung ito ay sa pamamagitan ng biyaya,
hindi na ito sa pamamagitan ng mga gawa. Kung hindi,
ang biyaya ay hindi na biyaya. 7 Ano kung gayon? Ang
bagay na hinahanap ng Israel, ay hindi nito nakamit, ngunit
ang napili ang nagkamit nito, at ang iba ay pinagmatigas.
8 Gaya ng nasusulat: "Binigyan sila ng Diyos ng espiritu
ng kapurulan, ng mga mata upang hindi nila makita, at ng
mga tainga upang hindi nila marinig, hanggang sa araw na
ito." 9 At sinasabi ni David, "Hayaang ang kanilang mga
lamesa ay maging isang lambat, bitag, katitisuran, at ganti
laban sa kanila. 10 Hayaang ang kanilang mga mata ay
dumilim upang hindi sila makakita. Lagi mong panatilihing
baluktot ang kanilang mga likod." 11 Kung gayon, sinasabi
ko, "Natisod ba sila nang sa gayon ay bumagsak?" Nawa
ay hindi kailanman. Sa halip, sa pamamagitan ng kanilang
pagkabigo, dumating ang kaligtasan sa mga Gentil, upang
sila ay inggitin. 12 Ngayon kung ang kanilang pagkabigo ay
ang kayamanan ng mundo, at kung ang kanilang pagkalugi
ay ang kayamanan ng mga Gentil, gaano pa mas dakila ang
kanilang kapunuan? 13 At ngayon kinakausap ko kayong
mga Gentil. Habang ako ay isang apostol sa mga Gentil,
ipinagmamalaki ko ang aking ministeryo. 14 Marahil mainggit
ko sila na aking kalaman. Marahil maliligtas natin ang ilan sa
kanila. 15 Sapagkat kung ang pagkatakwil sa kanila ay ang
pakikipagkasundo ng mundo, ano ang magiging pagtanggap
sa kanila kundi buhay mula sa mga patay? 16 Kung ang
mga unang bunga ay nailaan, gayon din ang buong masa.
Kung ang mga ugat ay nailaan, gayon din ang mga sanga.
17 Ngunit kung ang ilan sa mga sanga ay binali, kung ikaw,
na isang ligaw na sanga ng olibo, ay naidugtung sa kanila,
at kung nakibahagi ka sa kanila sa kasaganaan ng ugat
ng puno ng olibo, 18 huwag kang magmayabang sa mga
sanga. Ngunit kung ikaw ay nagmamayabang, hindi ikaw ang
bumubuhay sa ugat, ngunit ang ugat ang bumubuhay sa iyo.
19 Kung gayon, sasabihin mo, "Pinutol ang mga sanga upang
maidugtong ako." 20 Totoo iyan. Dahil sa kanilang hindi
pagsampalataya, pinutol sila, ngunit ikaw ay naging matatag
dahil sa iyong pananampalataya. Huwag kang magmalaki,
ngunit matakot ka. 21 Sapagkat kung hindi pinatawad ng
Diyos ang likas na mga sanga, hindi ka rin niya patatawarin.
22 Tingnan ninyo kung gayon, ang mga mabubuting gawa at
ang kabagsikan ng Diyos. Sa isang dako, ang kalupitan ay
dumating sa mga Judio na bumagsak. Ngunit sa kabilang
dako, ang kabutihan ng Diyos ay dumarating sa inyo,
kung magpapatuloy kayo sa kaniyang kabutihan. Kung
hindi, mapuputol din kayo. 23 At isa pa, kung hindi sila
magpatuloy sa kanilang kawalan ng pananampalataya, sila
ay maidudugtong muli. Sapagkat maaari silang idugtong ulit
ng Diyos. 24 Sapagkat kung kayo ay pinutol sa likas na ligaw
na puno ng olibo, at salungat sa kalikasan ay idinugtong
kayo sa mabuting puno ng olibo, gaano pa kaya ang mga
Judiong ito, na likas na mga sanga, na maidudugtong pabalik
sa kanilang sariling punong olibo? 25 Sapagkat hindi ko
nais na hindi ninyo alam, mga kapatid, ang hiwagang ito,
upang hindi kayo magmarunong sa inyong sariling isipan.
Ang hiwagang ito ay nagkaroon sa Israel ng bahagyang
katigasan, hanggang sa makapasok ang kabuuan ng mga
Gentil. 26 Kaya ang lahat ng Israel ay maliligtas, gaya ito ng
nasusulat: "Mula sa Sion manggagaling ang Tagapagligtas.
Tatanggalin niya ang kasamaan mula kay Jacob. 27 At ito
ang magiging kasunduan ko sa kanila, kapag tinanggal ko
ang kanilang mga kasalanan." 28 Sa isang dako, patungkol
sa ebanghelyo, sila ay kinamuhian dahil sa inyo. Sa kabilang
dako ayon naman sa pagpili ng Diyos, sila ay minamahal
dahil sa mga ninuno. 29 Sapagkat ang mga kaloob at ang
tawag ng Diyos ay hindi mababago. 30 Sapagkat kayo ay
dating hindi sumusunod sa Diyos, ngunit ngayon kayo ay
nakatanggap ng awa dahil sa kanilang hindi pagsunod. 31
Gayon din naman, ngayon ang mga Judiong ito ay naging
suwail. Ang kinahinatnan nito, sa pamamagitan ng awa na
ipinakita sa inyo, makatatanggap din sila ngayon ng awa. 32
Sapagkat kinulong ng Diyos ang lahat sa kasuwayan, nang
sa gayon maipakita niya ang awa sa lahat. **(eleēsē g1653)** 33
O, napakayaman ng Diyos sa karunungan at kaalaman!
Hindi masuri ang kaniyang mga hatol, at ang kaniyang mga
kaparaanan ay hindi kayang matuklasan! 34 "Sapagkat sino
ang nakakaalam ng isipan ng Panginoon? O sino ang naging
tagapayo niya? 35 O sino ang nagbigay ng una sa Diyos,
upang ito ay bayaran sa kaniya?" 36 Sapagkat mula sa
kaniya, at sa pamamagitan niya, at sa kaniya, ang lahat ng
mga bagay. Sa kaniya ang kaluwalhatian magpakailanman.
Amen. **(aiōn g165)**

**12** Kaya hinihikayat ko kayo, mga kapatid, alang-alang
sa habag ng Diyos, na ialay ninyo ang inyong mga
katawan na isang buhay na alay, banal, katanggap-tanggap
sa Diyos. Ito ang inyong nararapat na paglilingkod. 2 Huwag
kayong umayon sa mundong ito, ngunit mag-iba kayo sa
pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip. Gawin
ninyo ito upang malaman ninyo kung ano ang mabuti,
katanggap-tanggap, at ganap na kalooban ng Diyos. **(aiōn
g165)** 3 Sapagkat, dahil sa biyayang ibinigay sa akin, sinasabi
ko na ang bawat isa sa inyo ay huwag mag-isip na mas
mataas ang inyong sarili kaysa sa nararapat ninyong isipin.
Sa halip, dapat kayong mag-isip ng may karunungan, ayon
sa sukat ng pananampalataya na ipinagkaloob ng Diyos
sa bawat isa. 4 Sapagkat marami tayong bahagi sa iisang

katawan, ngunit hindi lahat ng mga bahagi ay may pare-
parehong tungkulin. 5 Gayon din naman, tayo na marami ay
iisang katawan kay Cristo, at ang bawat isa ay bahagi ng isa't
isa. 6 Mayroon tayong iba't ibang kaloob ayon sa biyayang
ibinigay sa atin. Kung ang kaloob ng isa ay paghahayag
ng propesiya, gawin niya ito ayon sa sukat ng kaniyang
pananampalataya. 7 Kung ang kaloob ng isa ay paglilingkod,
hayaan siyang maglingkod. Kung ang isa ay may kaloob ng
pagtuturo, hayaan siyang magturo. 8 Kung ang kaloob ng
isa ay pagpapalakas ng loob, hayaan siyang magpalakas ng
loob. Kung ang kaloob ng isa ay pagbibigay, hayaan siyang
gawin ito ng may kagandahang-loob. Kung ang kaloob ng isa
ay pamumuno, gawin ito ng may pag-iingat. Kung ang kaloob
ng isa ay pagpapakita ng awa, gawin ito ng may kagalakan.
9 Ang pag-ibig ay maging walang pagkukunwari. Kasuklaman
kung ano ang masama; panghawakan kung ano ang mabuti.
10 Patungkol sa pag-ibig ng mga kapatid, maging magiliw
kayo sa isa't isa. Patungkol sa kapurihan, igalang ninyo ang
isa't isa. 11 Patungkol sa pagsisikap, huwag mag-atubili.
Patungkol sa espiritu, maging masigasig. Patungkol sa
Panginoon, maglingkod sa kaniya. 12 Magalak sa pag-asang
mayroon kayo tungkol sa hinaharap. Maging matiisin sa
inyong mga kabalisahan. Magpatuloy sa pananalangin. 13
Tumulong sa pangangailangan ng mga mananampalataya.
Humanap ng maraming paraan upang ipakita ang magiliw na
pagtanggap sa iba. 14 Pagpalain ninyo ang mga umaapi sa
inyo; pagpalain at huwag isumpa. 15 Makipaggalak kayo sa
mga nagagalak; makipagtangis kayo sa mga tumatangis. 16
Magkaisa kayo ng pag-iisip. Huwag mag-isip sa mga paraang
mapagmataas, ngunit tanggapin ang mga mababababang tao.
Huwag maging marunong sa inyong mga sariling isipan.
17 Huwag gantihan ang sinuman ng masama sa masama.
Gumawa ng mga mabubuting bagay sa paningin ng lahat ng
tao. 18 Kung maaari, ayon sa inyong makakaya, magkaroon
kayo ng kapayapaan sa lahat ng tao. 19 Huwag ipaghiganti
ang inyong mga sarili, mga minamahal, ngunit bigyang
daan ang galit ng Diyos. Sapagkat nasusulat na, "'Akin ang
paghihiganti; ako ang gaganti,' sinasabi ng Panginoon." 20
"Ngunit kung ang iyong kaaway ay nagugutom, pakainin mo
siya. Kung siya ay nauuhaw, bigyan mo siya ng maiinom.
Sapagkat kung gagawin mo ito, nagtatambak ka ng mga
baga ng apoy sa kaniyang ulo." 21 Huwag kang magpadaig
sa kasamaan, ngunit daigin mo ng mabuti ang kasamaan.

**13** Ang bawat kaluluwa ay maging masunurin sa
mga matataas na kapangyarihan, dahil walang
kapangyarihan na hindi nanggagaling sa Diyos. At ang
mga may kapangyarihang umiiral ay itinalaga ng Diyos.
2 Samakatuwid ang lumalaban sa kapangyarihang iyon
ay sumasalungat sa mga utos ng Diyos, at ang mga
sumasalungat dito ay makakatanggap ng kahatulan sa
kanilang mga sarili. 3 Sapagkat ang mga namumuno ay hindi
kilabot sa mga mabubuting gawain, kundi sa mga masasama
gawain. Nais mo bang hindi matakot sa may kapangyarihan?
Gawin mo ang mabuti, at makatatanggap ka ng papuri dahil
dito. 4 Sapagkat siya ay isang lingkod ng Diyos para sa
kabutihan. Ngunit kung gumagawa ka ng masama, matakot
ka. Sapagkat hindi niya dala-dala ang espada ng walang
dahilan. Sapagkat siya ay isang lingkod ng Diyos, isang
tagapaghiganti ng poot sa mga gumagawa ng masama. 5
Samakatuwid dapat kayong sumunod, hindi lang dahil sa
matinding poot, ngunit dahil din sa konsensya. 6 Dahil dito
nagbabayad din kayo ng mga buwis. Sapagkat ang mga
may kapangyarihan ay mga lingkod ng Diyos na patuloy
na nangangasiwa nito. 7 Bayaran ninyo ang lahat kung
ano man ang inutang ninyo sa kanila: magbuwis sa dapat
pagbayaran ng buwis, magbayad ng upa sa kung sinuman
ang inuupahan; matakot sa nararapat katakutan; parangalan
ang nararapat parangalan. 8 Huwag kayong magkautang
ng anuman sa kanino man, maliban sa pagmamahal sa
isa't isa. Sapagkat ang sinumang nagmamahal sa kaniyang
kapwa ay tumutupad sa kautusan. 9 Sapagkat, "Hindi ka
mangangalunya, hindi ka papatay, hindi ka magnanakaw,
hindi ka mag-iimbot," at kung may iba ring kautusan,
pinagsama-sama ito sa pangugusap na ito: "Mamahalin mo
ang iyong kapwa tulad ng iyong sarili." 10 Ang pag-ibig ay
hindi gumagawa ng masama sa kaniyang kapwa. Kaya, pag-
ibig ang katuparan ng kautusan. 11 Dahil dito, nalalaman niyo
ang oras, na ito na ang oras upang kayo ay magising mula sa
inyong pagkakatulog. Sapagkat ngayon, ang ating kaligtasan
ay mas malapit na kaysa noong una tayong nanampalataya.
12 Palipas na ang gabi at malapit ng mag-umaga. Kaya
iisantabi natin ang mga gawa ng kadiliman, at ating isuot
ang baluti ng liwanag. 13 Lumakad tayo nang nararapat,
gaya ng sa liwanag, hindi sa magulong pagdiriwang o sa
paglalasing. At huwag tayong mamuhay sa kahalayan o
sa pagnanasang walang pagpipigil, at hindi sa alitan o
pagkainggit. 14 Ngunit paghariin ninyo ang Panginoong
Jesu-Cristo at huwag pagbigyan ang kagustuhan ng laman,
para sa mga pagnanasa nito.

**14** Tanggapin ang sinumang mahina ang
pananampalataya, nang hindi hinahatulan ang mga
pagtatalo. 2 Sa isang dako, ang isang tao ay may
paniniwalang maari niyang kainin ang kahit na ano, ngunit
sa kabilang dako, ang ibang mahina ay kumakain lamang ng
mga gulay. 3 Huwag sanang hamakin ng taong kumakain
ng kahit na ano ang taong hindi kinakain ang lahat. At
ang siyang hindi kinakain ang lahat ay huwag husgahan
ang taong kumakain ng lahat. Dahil tinanggap siya ng

Diyos. 4 Sino ka, ikaw na humuhusga sa isang lingkod
na pagmamay-ari ng iba? Sa harapan ng kaniyang amo
siya tatayo o matutumba. Ngunit siya ay patatayuin, dahil
nagagawa ng Panginoon na siya ay patayuin. 5 Sa isang
dako, pinahahalagahan ng isang tao ang isang araw ng
higit kaysa sa iba. Sa kabilang dako, pinahahalagahan
naman ng iba ang bawat araw ng pantay-pantay. Ang
bawat tao ay magpasya sa kaniyang sariling isipan. 6
Ang nagpapahalaga ng araw, ay nagpapahalaga nito para
sa Panginoon. At siya na kumakain, ay kumakain para
sa Panginoon, sapagkat siya ay nagbibigay pasasalamat
sa Diyos. Ang hindi kumakain, ay nagpipigil na kumain
para sa Panginoon. Nagpapasalamat din siya sa Diyos. 7
Sapagkat wala sa atin ang nabubuhay para sa kaniyang
sarili, at walang namamatay para sa kaniyang sarili. 8
Sapagkat kung tayo ay nabubuhay, nabubuhay tayo para sa
Panginoon. At kung tayo ay mamamatay, mamamatay tayo
para sa Panginoon. Kaya kung tayo man ay mamamatay o
mabubuhay, tayo ay sa Panginoon. 9 Dahil sa layuning ito
namatay si Cristo at nabuhay muli, upang siya ay maging
Panginoon ng mga patay at mga buhay. 10 Ngunit ikaw,
bakit mo hinahatulan ang iyong kapatid? At ikaw, bakit mo
kinamumuhian ang iyong kapatid? Dahil lahat tayo ay tatayo
sa harapan ng hukuman ng Diyos. 11 Sapagkat ito ay
nasusulat, "Habang ako ay nabubuhay," sabi ng Panginoon,
"ang bawat tuhod ay luluhod sa akin, at ang bawat dila ay
magbibigay ng papuri sa Diyos." 12 Kaya kung gayon, ang
bawat isa sa atin ay magbibigay-sulit ng kaniyang sarili
sa Diyos. 13 Samakatuwid, itigil na natin ang paghuhusga
sa isa't isa, ngunit sa halip pagpasyahan ito, na walang
sinuman ang maglalagay ng ikatitisod o patibong para
sa kaniyang kapatid. 14 Nalalaman ko at nahikayat ako
sa Panginoong Jesus, na walang bagay na hindi malinis
sa kaniyang sarili. Sa kaniya lamang na itinuturing ang
anumang bagay na marumi, para sa kaniya ito ay marumi.
15 Kung dahil sa pagkain ay nasaktan ang iyong kapatid,
hindi ka na lumalakad sa pag-ibig. Huwag mong ipahamak
sa iyong pagkain ang siyang pinagkamatayan ni Cristo. 16
Kaya huwag ninyong hayaan na ang inyong mabubuting
gawa ang maging dahilan upang kutyain sila ng mga tao.
17 Sapagkat ang kaharian ng Diyos ay hindi tungkol sa
pagkain o inumin, ngunit tungkol ito sa pagiging matuwid,
kapayapaan at kagalakan sa Banal na Espiritu. 18 Sapagkat
ang sinumang naglilingkod kay Cristo sa ganitong paraan
ay katanggap-tanggap sa Diyos at sinang-ayunan ng mga
tao. 19 Kung gayon, ipagpatuloy natin ang mga bagay ng
kapayapaan at ang mga bagay na nakapagpapatibay ng
bawat isa. 20 Huwag ninyong sirain ang gawain ng Diyos
ng dahil sa pagkain. Ang lahat ng mga bagay ay tunay
na malinis, ngunit masama ito para sa taong kumakain at
nagiging dahilan ng kaniyang pagkatisod. 21 Mabuti ang
hindi kumain ng karne, o uminom ng alak, o anumang
magiging sanhi ng pagkakatisod ng iyong kapatid. 22 Ang
mga paniniwalang ito na mayroon ka, ikaw at ang Diyos
lamang ang dapat nakakaalam. Pinagpala ang taong hindi
hinahatulan ang kaniyang sarili bilang respeto sa kung
ano ang kaniyang sinasang-ayunan. 23 Ang nagdududa
ay hinahatulan kung siya ay kakain, dahil hindi ito mula
sa pananampalataya. At ang anumang hindi mula sa
pananampalataya ay kasalanan.

**15** Ngayon tayong mga malalakas ang nararapat na
pumasan sa mga kahinaan ng mga mahihina, at hindi
natin dapat bigyang-lugod ang ating mga sarili. 2 Bigyang-
lugod ng bawat isa sa atin ang kaniyang kapwa dahil mabuti
iyon, upang pagtibayin siya. 3 Sapagkat kahit si Cristo ay
hindi nagbigay-lugod sa kaniyang sarili. Sa halip, gaya ng
nasusulat, "Ang mga panlalait ng mga nanlait sa iyo ay
sa akin bumabagsak". 4 Dahil anuman ang isinulat noong
una ay para sa ating ikatututo, upang sa pamamagitan
ng pagtitiis at sa pamamangitan ng pagpapalakas ng loob
ng mga kasulatan ay magkakaroon tayo ng pag-asa. 5
Ngayon, nawa ang Diyos ng pagtitiis at ng lakas ng loob
ay pagkalooban kayo ng iisang pag-iisip ayon kay Cristo
Jesus. 6 Nawa ay gawin niya ito upang kayo na may iisang
pag-iisip ay magpuri ng may iisang bibig sa Diyos at Ama
ng ating Panginoong Jesu-Cristo. 7 Kaya tanggapin ninyo
ang isa't isa, gaya ng pagtanggap din sa inyo ni Cristo, sa
ikapupuri ng Diyos. 8 Sapagkat sinasabi ko na si Cristo ay
ginawang lingkod ng pagtutuli sa ngalan ng katotohanan ng
Diyos. Ginawa niya ito upang patotohanan niya ang mga
pangakong ibinigay sa mga ninuno, 9 at para sa mga Gentil
upang papurihan nila ang Diyos sa kaniyang awa. Ito ay
gaya ng nasusulat, "Kaya pupurihin kita kasama ng mga
Gentil, at aawit ng papuri sa pangalan mo." 10 Muling nitong
sinasabi, "Magalak kayo, kayong mga Gentil, kasama ang
kaniyang mga tao." 11 At muli, "Purihin ang Panginoon, lahat
kayong mga Gentil at hayaan ninyong ang lahat na mga tao
ay purihin siya." 12 Sinasabi rin ni Isaias, "Magkakaroon
ng ugat mula kay Jesse, at siya ang lilitaw upang mamuno
sa mga Gentil. Magtitiwala ang mga Gentil sa kaniya." 13
Ngayon nawa ang Diyos ng pagtitiwala ay punuin kayo
ng buong kagalakan at kapayapaan sa inyong paniniwala,
upang kayo ay managana sa pagtitiwala sa pamamagitan
ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. 14 Ako man sa
aking sarili ay naniniwala tungkol sa inyo, aking mga kapatid.
Naniniwala din ako na kayo mismo ay puno ng kabutihan,
puno ng lahat ng kaalaman. Naniniwala ako na kayo ay
may kakayahan ding payuhan ang isa't isa. 15 Ngunit mas

matapang akong sumusulat sa inyo tungkol sa ilang mga
bagay upang paalalahanan kayong muli, dahil sa kaloob
na ibinigay sa akin ng Diyos. 16 Itong kaloob na dapat
akong maging lingkod ni Cristo Jesus na isinugo sa mga
Gentil, upang ihandog bilang isang pari ang ebanghelyo ng
Diyos. Kailangan kong gawin ito upang ang handog ng mga
Gentil ay maging katanggap-tanggap, nakalaan sa Diyos sa
pamamangitan ng Banal na Espiritu. 17 Kaya ang aking
kagalakan ay kay Cristo Jesus at sa mga bagay na mula sa
Diyos. 18 Sapagkat hindi ako mangangahas na magsalita ng
kahit na ano maliban sa mga bagay na ginawa ni Cristo
sa pamamagitan ko para sa pagsunod ng mga Gentil. Ito
ay mga bagay ng ginawa sa pamamagitan ng salita at
gawa, 19 sa pamamagitan ng kapangyarihan ng mga tanda
at mga kahanga-hangang gawa, at sa pamamagitan ng
kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ito ay nangyari mula sa
Jerusalem, at sa palibot hanggang sa Ilirico, ipinangaral ko
nang lubos ang ebanghelyo ni Cristo. 20 Sa ganitong paraan,
ang aking hangarin ay ang maipahayag ang ebanghelyo,
ngunit hindi kung saan kilala ang pangalan ni Cristo, upang
hindi ako makapagtayo sa pundasyon ng ibang tao. 21
Katulad ng nasusulat: “Makikita siya ng mga hindi dinatnan
ng balita tungkol sa kaniya, at maiintindihan ng mga hindi
nakarinig.” 22 Kaya maraming beses din akong hinadlangan
na tumungo sa inyo. 23 Ngunit ngayon, wala na akong
iba pang lugar sa mga lupaing ito, at inaasam ko ng
maraming taon na makapunta ako sa inyo. 24 Kaya sa tuwing
pumupunta ako sa Espanya, umaasa akong makita kayo sa
aking pagdaan, at inasahan ko din na kayo ang tutulong sa
aking pag-alis pagkatapos akong magsaya kasama kayo
kahit panandalian lang. 25 Ngunit ngayon ay pupunta ako sa
Jerusalem upang maglingkod sa mga mananampalataya.
26 Sapagkat ito ay kasiyahan ng mga taga-Macedonia at
ng mga taga-Acaya na magambag-ambag para sa mga
mahihirap na mananampalataya na nasa Jerusalem. 27 Oo,
ito ay kanilang kasiyahan, at sa katunayan, sila ang mga
may utang sa kanila. Sapagkat kung ang mga Gentil ay
nakibahagi sa kanilang mga espirituwal na bagay, dapat
lang silang maglingkod sa kanila sa mga materyal na bagay.
28 Kaya, kapag natapos kong gawin ito at mapatunayan ang
bungang ito sa kanila, dadaan ako diyan sa inyo pagpunta
ko sa Espanya. 29 Alam ko, na kapag pumunta ako sa inyo,
pupunta ako ng may buong pagpapala ni Cristo. 30 Ngayon
hinihikayat ko kayo, mga kapatid, sa ngalan ng Panginoong
Jesu-Cristo, at sa pamamagitan ng pag-ibig ng Banal na
Espirito, na magsumikap kayo kasama ko sa inyong mga
panalangin sa Diyos patungkol sa akin. 31 Ipanalangin
ninyo na ako ay maligtas sa mga hindi sumusunod na
nasa Judea at ang aking paglilingkod sa Jerusalem ay
maging katanggap-tanggap sa mga mananampalataya. 32
Ipanalangin ninyo na ako ay makapunta sa inyo ng may
galak sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos, at ako nawa
ay makasumpong ng kapahingahan ka kasama ninyo. 33
Nawa ay sumainyong lahat ang Diyos ng kapayapaan.
Amen.

**16** Inihahabilin ko sa inyo si Febe na ating kapatid na
babae, na isang lingkod ng iglesiya na nasa Cencrea,
2 upang siya ay tanggapin ninyo sa Panginoon. Gawin ninyo
ito sa paraan na karapat-dapat sa mga mananampalataya,
at tulungan ninyo siya sa anumang mga pangangailangan
niya. Sapagkat siya mismo ay tumulong din sa marami,
at ganun din sa akin. 3 Batiin ninyo sina Prisca at Aquila,
na mga kapwa ko manggagawa kay Cristo Jesus, 4 na
inilagay sa panganib ang kanilang mga buhay para sa aking
buhay. Nagpapasalamat ako sa kanila, at hindi lamang
ako, kundi pati na rin ang lahat ng mga iglesiya ng mga
Gentil. 5 Batiin ninyo ang iglesiya na nasa kanilang bahay.
Batiin ninyo si Epeneto na aking minamahal, na siyang
kauna-unahang bunga ng Asia kay Cristo. 6 Batiin ninyo si
Maria na naglingkod ng lubos para sa inyo. 7 Batiin ninyo
sina Andronico at Junia, na aking mga kamag-anak, at
kasamahan kong mga bilanggo. Kilala sila sa mga apostol,
na nauna pang nakakilala kay Cristo kaysa sa akin. 8 Batiin
ninyo si Ampliato, na aking minamahal sa Panginoon. 9
Batiin ninyo si Urbano, na ating kapwa manggagawa kay
Cristo, at ang minamahal kong si Staquis. 10 Batiin ninyo si
Apeles, na subok kay Cristo. Batiin ninyo ang mga nasa
sambahayan ni Aristobulo. 11 Batiin ninyo si Herodion, na
aking kamag-anak. Batiin ninyo ang mga nasa sambahayan
ni Narciso, na nasa Panginoon. 12 Batiin ninyo sina Trifena
at Trifosa, na naglingkod nang lubos sa Panginoon. Batiin
ninyo si Persida na minamahal, na naglingkod nang labis sa
Panginoon. 13 Batiin ninyo si Rufo, na pinili ng Panginoon,
at ang kaniyang ina at ina ko rin. 14 Batiin ninyo sina
Asincrito, Flegonte, Hermes, Patrobas, Hemas at ang mga
kapatid na kasama nila. 15 Batiin ninyo sina Filologo at Julia,
Nereo at ang kaniyang kapatid na babae, at si Olimpas,
at lahat ng mga mananampalataya na kasama nila. 16
Batiin ninyo ang isa't isa sa pamamagitan ng banal na
halik. Lahat ng mga iglesiya ni Cristo ay binabati kayo. 17
Ngayon hinihikayat ko kayo, mga kapatid, na isipin ninyo
ang mga taong nagiging dahilan ng pagkababaha-bahagi at
pagkakatisod. Lumalagpas sila sa mga turong inyong napag-
aralan. Talikuran ninyo sila. 18 Sapagkat ang mga taong tulad
nito ay hindi naglilingkod sa ating Panginoong Cristo, kundi
ang sarili nilang hangarin. Sa pamamagitan ng kanilang
kaaya-aya at mga kalugod-lugod na pananalita nililinlang
nila ang mga puso ng mga walang malay. 19 Sapagkat ang

inyong halimbawa ng pagsunod ay umabot na sa lahat.
Kaya nagagalak ako sa inyo, ngunit gusto kong maging
matalino kayo tungkol sa mga bagay na mabuti, at walang
kamalayan sa kasamaan. **20** Hindi magtatagal, ang Diyos ng
kapayapaan ay dudurugin si Satanas sa ilalim ng inyong
mga paa. Nawa ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo
ay sumainyo. **21** Binabati kayo ni Timoteo, ang aking kapwa
manggagawa, at nina Lucius, Jason, at Sosipato, na aking
mga kamag-anak. **22** Ako, si Tercio, na tagasulat ng liham na
ito, ay bumabati sa inyo sa Panginoon. **23** Binabati kayo ni
Gauis, na tinutuluyan ko at ng buong iglesiya. Binabati kayo
ni Erasto, ang ingat-yaman ng lungsod, kasama ang kapatid
na si Quarto. **24** [Nawa ang biyaya ng ating Panginoon
Jesu-Cristo ay mapasainyong lahat. Amen] **25** Ngayon sa
kaniya na may kakayahang kayo ay pagtibayin ayon sa
aking ebanghelyo at sa pangangaral ni Jesu-Cristo, ayon
sa pahayag ng hiwaga na itinago mula pa noon, **(aiōnios
g166)** **26** ngunit sa ngayon ay inilahad na at nalaman sa
pamamagitan ng mga kasulatan ng mga propeta ayon sa
kautusan ng walang hanggang Diyos, para sa pagsunod ng
mga Gentil dahil sa kanilang pananampalataya? **(aiōnios g166)**
**27** sa iisang Diyos na matalino, sa pamamagitan ni Jesu-
Cristo, ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen. **(aiōn g165)**

# 1 Mga Corinto

1 Mula kay Pablo, na tinawag upang maging isang apostol
ni Cristo Jesus ayon sa kalooban ng Diyos, at kay
Sostenes na ating kapatid, 2 sa iglesia ng Diyos sa Corinto,
na mga naihandog kay Cristo Jesus, silang tinawag na
maging mga taong banal. Sumusulat din kami sa lahat nang
dako sa mga tumatawag sa pangalan ng ating Panginoong
Jesu-Cristo, ang kanilang Panginoon at sa atin. 3 Nawa
ay sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos
na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo. 4 Lagi akong
nagpapasalamat sa aking Diyos sa inyo, dahil sa biyaya
ng Diyos na ibinigay ng Panginoong Cristo Jesus sa inyo.
5 Ginawa niya kayong mayaman sa lahat ng paraan, sa
lahat ng pananalita at sa lahat ng kaalaman. 6 Ginawa niya
kayong mayaman, gaya ng patotoo tungkol kay Cristo na
napatunayang totoo nga sa inyo. 7 Samakatuwid kayo nga
ay hindi nagkukulang sa kaloob ng Espiritu, habang sabik
kayong naghihintay sa kapahayagan ng ating Panginoong
Jesu-Cristo. 8 Kayo din ay kaniyang palalakasin hanggang
sa huli, upang kayo ay walang bahid sa araw ng ating
Panginoong Jesu-Cristo. 9 Tapat ang Diyos na siyang
tumawag sa inyo sa pakikipagtipon sa kaniyang Anak na si
Jesu-Cristo na ating Panginoon. 10 Ngayon, hinihikayat ko
kayo, mga kapatid, sa pamamagitan ng pangalan ng ating
Panginoong Jesu-Cristo, na magkakasundo kayong lahat, at
walang pagkakahati-hati sa inyo. Pinapakiusap ko sa inyo
na kayo ay magkaisa sa kaisipan at maging sa layunin. 11
Sapagkat ibinalita sa akin ng mga tauhan ni Cloe na may
namumuong mga alitan sa inyo. 12 Ang ibig kong sabihin:
Ang bawat isa sa inyo ay nagsasabi, “Kay Pablo ako,” o “Kay
Apolos ako,” o “Kay Cefas ako,” o “Kay Cristo ako.” 13 Si
Cristo ba ay nahahati? Si Pablo ba ay napako para sa inyo?
Kayo ba ay binautismuhan sa pangalan ni Pablo? 14 Ako ay
nagpapasalamat sa Diyos na wala akong binautismuhan
sa inyo, maliban kay Crispo at Gayo. 15 Ito ay upang
walang isa man sa inyo na magsasabing binautismuhan
ko kayo sa aking pangalan. 16 (Binautismuhan ko din ang
sambahayan ni Stefanas. Sa kabila nito, hindi ko na alam
kung may nabautismuhan pa akong iba.) 17 Sapagkat hindi
ako isinugo ni Cristo upang magbautismo kundi mangaral
ng ebanghelyo. Hindi niya ako isinugo upang mangaral
sa salita na may karunungan ng tao, upang ang krus ni
Cristo ay hindi mawawalan ng kapangyarihan. 18 Sapagkat
ang mensahe tungkol sa krus ay kamangmangan sa mga
mamamatay. Ngunit para sa mga inililigtas ng Diyos, ito
ay ang kapangyarihan ng Diyos. 19 Sapagkat nasusulat,
“Sisirain ko ang karunungan ng marurunong. Bibiguin ko
ang pang-unawa ng mga matatalino.” 20 Nasaan ang
taong marunong? Nasaan ang dalubhasa? Nasaan ang
debatista ng mundong ito? Hindi ba't pinalitan ng Diyos ang
karunungan ng mundong ito ng kamangmangan? (aiōn g165)
21 Dahil ang mundo sa sarili nitong karunungan ay hindi
kinilala ang Diyos, nalugod ang Diyos sa pamamagitan ng
kamangmangan ng pangangaral na iligtas ang sinumang
sumasampalataya. 22 Sapagkat humihiling ang mga Judio
ng mga tanda ng himala at naghahangad ng karunungan
ang mga Griyego. 23 Ngunit ipinapangaral namin si Cristo na
napako, isang ikinatitisod ng mga Judio at kamangmangan
sa mga Griyego. 24 Ngunit sa lahat ng mga tinawag ng
Diyos, maging Judio at Griyego, ipinapangaral namin na si
Cristo ang kapangyarihan at ang karunungan ng Diyos. 25
Sapagkat ang kamangmangan ng Diyos ay mas higit sa
karunungan ng tao, at ang kahinaan ng Diyos ay higit sa
kalakasan ng tao. 26 Tumingin kayo sa pagkatawag ng Diyos
sa inyo, mga kapatid. Iilan lamang ang marurunong sa inyo
sa pamamagitan ng pamantayan ng tao. Iilan lamang ang
makapangyarihan sa inyo. Iilan lamang ang may maharlikang
kapanganakan sa inyo. 27 Ngunit pinili ng Diyos ang mga
bagay na mangmang sa mundo upang hiyain ang mga
marurunong. Pinili ng Diyos kung anong mahihina sa mundo
upang hiyain ang malakas. 28 Pinili ng Diyos kung ano ang
mabababa at hinamak sa mundo. Pinili nga niya ang mga
bagay na itinuring na walang kabuluhan, upang mawalang
kabuluhan ang mga bagay na pinanghahawakang mahalaga.
29 Ginawa niya ito upang walang sinuman ang may dahilan
upang magyabang sa harapan niya. 30 Dahil sa ginawa
ng Diyos, kayo ngayon ay na kay Cristo Jesus na naging
karunungan natin na mula sa Diyos. Siya ang ating naging
katuwiran, kabanalan, at katubusan. 31 Kaya nga, gaya ng
sinabi ng kasulatan, “Kung ang isa man ay magmamalaki,
ipagmalaki niya ang Panginoon,”

2 Nang pumunta ako sa inyo, mga kapatid, hindi ako
pumariyan na may kahusayan ng pananalita o karunungan
nang aking ipinahayag ang mga lihim na katotohanan tungkol
sa Diyos. 2 Sapagkat nagpasya akong walang kilalanin
nang ako ay nasa inyo maliban kay Jesu-Cristo na siyang
ipinako sa krus. 3 At nakasama ninyo ako sa kahinaan, at
pagkatakot, at sa matinding panginginig. 4 At ang aking
mensahe at pagpapahayag ay hindi sa mapang-akit na
pananalita ng karunungan. Sa halip, kasama ng mga ito
ang pagpapakita ng Espiritu at ng kapangyarihan, 5 upang
ang inyong pananampalataya ay hindi sa karunungan ng
mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Diyos. 6 Ngayon
nagsasalita kami ng karunungan sa mga ganap, ngunit hindi
ang karunungan ng mundong ito, o ng mga namumuno
sa kapanahunang ito, na lumilipas. (aiōn g165) 7 Sa halip
nagsasalita kami ng karunungan ng Diyos sa lihim na

katotohanan, ang lihim na karunungang itinalaga ng Diyos
bago pa ang mga panahon para sa ating kaluwalhatian.
(aiōn g165) 8 Wala sa mga namumuno sa panahong ito
ang nakakaalam ng ganitong karunungan, sapagkat kung
naunawaan lang sana nila ito sa panahong iyon, hindi na
sana nila ipinako sa krus ang Panginoon ng kaluwalhatian.
(aiōn g165) 9 Ngunit gaya ng nasusulat, "Mga bagay na hindi
nakita ng mata, na hindi narinig ng tainga, na hindi sumagi
sa isipan, ang mga bagay na inihanda ng Diyos para sa
mga umiibig sa kaniya." 10 Ito ang mga bagay na inihayag
ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Espiritu. Sapagkat
sinasaliksik ng Espiritu ang lahat, kahit ang mga lihim ng
Diyos. 11 Sapagkat sino ang nakakaalam sa iniisip ng tao,
maliban ang espiritung nasa kaniya? Ganoon din, walang
nakakaalam sa mga lihim ng Diyos maliban ang Espiritu
ng Diyos. 12 Ngunit hindi natin tinanggap ang espiritu ng
mundo, kundi ang Espiritu na siyang nagmula sa Diyos,
upang maaari nating malaman ang mga bagay na kusang
ibinigay sa atin ng Diyos. 13 Sinasabi namin ang tungkol
sa mga bagay na ito sa pamamagitan ng salita na hindi
kayang ituro sa pamamagitan ng karunungan ng tao, ngunit
itinuro ng Espiritu sa amin. Ipinapaliwanag ng Espiritu ang
mga espiritwal na mga salita sa espiritwal na karunungan.
14 Hindi makakatanggap ng mga bagay na nabibilang sa
Espiritu ng Diyos ang hindi espiritwal na tao, sapagkat
kahangalan ang mga ito sa kaniya. Hindi niya nakikilala ang
mga ito dahil ang mga ito ay nakikilala sa pamamagitan
ng espiritu. 15 Hahatulan ng isang espiritwal ang lahat ng
bagay, ngunit hindi siya sakop sa paghahatol ng iba. 16
"Sapagkat sino ang nakakaalam sa isip ng Panginoon upang
siya ay turuan?" Ngunit nasa atin ang pag-iisip ni Cristo.

**3** At ako, mga kapatid, hindi ko kayo nakakausap na tulad
ng mga taong espiritual, sa halip bilang mga taong
makalaman, bilang mga sanggol kay Cristo. 2 Pinaiinom
ko kayo ng gatas at hindi ko kayo pinapakain ng karne,
sapagkat hindi pa kayo handa sa karne. At hanggang ngayon
ay hindi pa rin kayo handa. 3 Sapagkat nananatili kayong
makalaman. Dahil kung may paninibugho at pagtatalo na
umiiral pa sa inyo, hindi ba namumuhay pa kayo sa laman at
hindi ba kayo lumalakad sa pamantayan ng tao? 4 Sapagkat
kapag may isang nagsabi, "Ako ay sumusunod kay Pablo,"
at sinasabi naman ng isa, "Ako ay sumusunod kay Apolos,"
hindi ba namumuhay pa kayo bilang isang tao? 5 Sino
ba si Apolos? At sino ba si Pablo? Mga lingkod na dahil
sa kanila kayo ay sumampalataya, na bawat isa sa kanila
ay nabigyan ng Panginoon ng mga tungkulin. 6 Ako ang
nagtanim, si Apolos ang nagdilig, ngunit ang Diyos ang
nagpapalago. 7 Kung magkagayon, hindi mahalaga kung
sino ang nagtatanim, ni ang nagdidlilig. Ngunit ang Dios ang
siyang nagpapalago. 8 Ngayon ang nagtatanim at nagdidilig
ay iisa, at ang bawat isa ay tatanggap ng kaniyang sahod
ayon sa kaniyang sariling trabaho. 9 Sapagkat kami ay
kapwa mga manggagawa ng Diyos. Kayo ang hardin ng
Diyos, gusali ng Diyos. 10 Ayon sa biyayang ibinigay sa akin
ng Diyos bilang isang mahusay na punong tagapagtayo,
ako ang naglagay ng pundasyon at may ibang nagtatayo sa
ibabaw nito. Subalit mag-ingat ang bawat tao kung paano
siya magtatayo sa ibabaw nito. 11 Sapagkat walang sinuman
ang makapaglalagay ng ibang pundasyon maliban sa isa na
naitayo na, na si Jesu-Cristo. 12 Ngayon kung sinumang
nagtatayo sa ibabaw ng pundasyon sa ginto, pilak, mga
mahahalagang bato, kahoy, dayami, o pinaggapasan, 13 ang
kaniyang gawa ay maihahayag, dahil ang liwanag ng araw
ang magsisiwalat nito. Sapagkat ito ay ihahayag ng apoy.
Ang apoy ang susubok sa uri at halaga ng anumang gawa
ng bawat isa. 14 Kung mananatili ang anumang bagay na
tinayo ng tao, siya ay tatanggap ng gantimpala. 15 Nguni't
kung masunog ang ginawa ng sinuman, siya ay mawawalan.
Nguni't siya mismo ay ligtas, na gaya ng naligtas mula sa
mga apoy. 16 Hindi ba ninyo alam na kayo ang templo ng
Diyos at ang Espiritu ng Diyos ay naninirahan sa inyo? 17
Kung sinuman ang wawasak sa templo ng Diyos, sisirain
din ng Diyos ang taong iyon. Sapagkat ang templo ng
Diyos ay banal at maging kayo. 18 Huwag ninyong dayain
ang inyong mga sarili. Kung ang sinuman sa inyo ay nag-
iisip na siya ay marunong sa panahong ito, hayaan siyang
maging "mangmang" upang magtamo siya ng karunungan.
(aiōn g165) 19 Sapagkat ang karunungan sa mundong ito ay
kamangmangan sa Diyos. Sapagkat nasusulat, "Hinuhuli
niya ang marunong sa kaniyang katusuhan". 20 At gayun
din, "Alam ng Panginoon na ang mga pangangatuwiran ng
marunong ay walang saysay." 21 Kaya wala ng magyayabang
sa mga tao! Sapagkat lahat ng mga bagay ay sa inyo, 22
kahit na si Pablo, o si Apolos, o si Cefas, o ang sanlibutan, o
ang buhay, o ang kamatayan, o mga bagay sa kasalukuyan,
o mga bagay na darating. Lahat ng mga bagay ay sa inyo,
23 at kayo ay kay Cristo, at si Cristo ay sa Diyos.

**4** Ganito dapat ang ipalagay ng tao sa amin, bilang mga
lingkod ni Cristo at mga katiwala ng mga lihim na
katotohanan ng Diyos. 2 Sa kaugnayan nito, kinakailangang
mapagkakatiwalaan ang mga katiwala. 3 Ngunit para sa
akin, ito ay napakaliit lamang na bagay para mahatulan
ninyo ako o nang anumang hukuman ng tao. Sapagkat
hindi ko nga hinahatulan ang aking sarili. 4 Wala akong
nalalaman na anumang sakdal laban sa akin ngunit hindi
nangangahulugang ako ay walang sala. Ang Panginoon ang
siyang hahatol sa akin. 5 Kaya, huwag kayong humatol
tungkol sa anumang bagay bago ang panahon, bago

dumating ang Panginoon. Dadalhin niya sa liwanag ang mga
lihim na bagay ng kadiliman at ihahayag ang mga layunin ng
puso. At makatatanggap ang bawat isa ng kaniyang papuri
mula sa Diyos. 6 Ngayon, mga kapatid, ginawa ko ang mga
prinsipyong ito sa aking sarili at ni Apolos para sa inyong
kapakanan upang mula sa amin ay inyong matutunan ang
kahulugan ng kasabihan na, "Huwag ninyong hihigitan kung
ano ang nasusulat." Ito ay upang wala sa inyo ang maging
mayabang sa pagtatangi ng isa laban sa iba. 7 Sapagkat
sino ang nakakakita ng pagkakaiba ninyo sa iba? Anong
mayroon kayo na hindi ninyo tinanggap ng walang bayad?
Kung natanggap ninyo ito ng walang bayad, bakit kayo
nagyayabang na parang hindi ninyo nagawa? 8 Nasa inyo
na lahat ng maaari ninyong gustuhin! Naging mayaman na
kayo! Nagsimula na kayong maghari- at nang bukod sa amin!
Tunay nga, nais kong maghari kayo upang makapaghari
kami na kasama ninyo. 9 Sapagkat iniisip kong kaming mga
apostol ay inilagay ng Diyos sa kahuli-hulihan ng hanay na
pinapanood at gaya ng mga taong nahatulan ng kamatayan.
Kami ay naging isang palabas sa mundo, sa mga anghel at
sa mga tao. 10 Kami ay mga hangal alang-alang kay Cristo,
ngunit kayo ay marunong kay Cristo. Kami ay mahina, ngunit
kayo ay malakas. Kayo ay kinilala sa karangalan, ngunit
kami ay kinilala sa kahihiyan. 11 Hanggang sa mga oras na
ito, kami ay nagugutom at nauuhaw, kami ay nagkukulang
sa kasuotan, kami ay pinalo nang may kalupitan, at kami
ay walang matuluyan. 12 Nagpakahirap kami sa paggawa,
gumagawa sa sarili naming mga kamay. Nang kami ay nilait,
nagpapala kami. Nang kami ay inusig, nagtiis kami. 13 Noong
kami ay siniraan, nagsalita kami ng may kabaitan. Kami ay
naging, at maituturing pa rin na inaayawan ng mundo at ang
pinakamarumi sa lahat ng mga bagay. 14 Hindi ko isinulat
ang mga bagay na ito upang hiyain kayo, ngunit upang itama
kayo bilang aking mga minamahal na anak. 15 Sapagkat
kahit mayroon kayong sampung libo na tagabantay kay
Cristo, wala kayong maraming ama. Sapagkat naging ama
ninyo ako kay Cristo Jesus sa pamamagitan ng ebanghelyo.
16 Kaya hinihikayat ko kayo na tularan ninyo ako. 17 Ito
ang dahilan kung bakit ko pinapunta sa inyo si Timoteo,
ang aking minamahal at tapat na anak sa Panginoon. Siya
ang magpapaalala sa inyo ng aking mga kaparaanan kay
Cristo, gaya ng pagtuturo ko sa kanila sa lahat ng dako at
sa bawat iglesya. 18 Ngayon, ang iba sa inyo ay lubhang
mayabang, kumikilos na parang hindi ako darating sa inyo.
19 Ngunit malapit na akong pumunta sa inyo, kung kalooban
ng Panginoon. At hindi ko lamang malalaman ang salita ng
mga mayayabang na ito, ngunit makikita ko ang kanilang
kapangyarihan. 20 Sapagkat ang kaharian ng Diyos ay
hindi naglalaman ng usapin kundi ng kapangyarihan. 21
Ano ba ang gusto ninyo? Kailangan ko bang pumunta sa
inyo na may pamalo o nang may pag-ibig at sa espiritu ng
kahinahunan?

5 Narinig namin ang ulat na may nangyayaring sekswal
na imoralidad sa inyo, ang uri ng imoralidad na hindi nga
pinahihintulutan kahit sa mga Gentil. Ang ulat ay ganito,
may isa sa inyo na nakikipagtalik sa asawa ng kaniyang
ama. 2 At masyado kayong mayabang. Sa halip, hindi
ba dapat na magluksa kayo? Dapat maalis sa inyo ang
gumawa nito. 3 Sapagkat, kahit na wala ako sa katawan
ngunit kasama pa rin ninyo ako sa espiritu, at hinatulan ko
na ang siyang gumawa nito, na parang nariyan ako. 4 Kung
magtitipun-tipon kayo sa ngalan ng ating Panginoong Jesus,
at nariyan din ang aking espiritu sa kapangyarihan ng ating
Panginoong Jesus, hinatulan ko na ang taong iyan. 5 Ginawa
ko ito upang maipasakamay ang taong ito kay Satanas para
sa pagkawasak ng laman, upang maaaring maligtas ang
kaniyang espiritu sa araw ng Panginoon. 6 Hindi mabuti ang
inyong pagmamalaki. Hindi ba ninyo alam na mapapaalsa
ang buong tinapay sa kaunting lebadura? 7 Linisin ninyo
ang inyong sarili sa lumang lebadura upang kayo ay maging
bagong masa, at upang kayo ay maging tinapay na walang
lebadura. Sapagkat si Cristo, na ating kordero ng Paskua, ay
inihandog na. 8 Kaya atin nang ipagdiwang ang pista, hindi
sa lumang lebadura, na siyang lebadura ng masamang pag-
uugali at kasamaan. Kundi, ipagdiwang natin ang tinapay na
walang lebadura ng katapatan at katotohanan. 9 Sumulat
ako sa inyo sa aking liham upang kayo ay huwag makisama
sa mga taong mahahalay. 10 Hindi ko ibig sabihin na sa mga
imoral na tao sa mundong ito, o sa mga sakim, o sa mga
mandaraya, o sa mga taong sumasamba sa diyus-diyosan,
sapagkat sa paglayo mula sa kanila ay kakailanganin ninyong
umalis sa mundo. 11 Ngunit ngayon sumusulat ako sa inyo
upang huwag kayong makisama sa sinumang tinawag na
kapatid kay Cristo ngunit siya ay namumuhay sa sekswal na
imoralidad, o sakim, o sumasamba sa mga diyus-diyosan, o
mapang-abuso sa pananalita, o lasinggero, o mandaraya.
Ni makikisalo sa pagkain sa ganiyang tao. 12 Sapagkat
paanong ako ay nasasangkot sa paghahatol sa mga tao sa
labas ng iglesiya? Sa halip, hindi ba't dapat ninyong hatulan
ang mga nasa loob ng iglesiya? 13 Ngunit ang Diyos ang
siyang hahatol sa mga nasa labas. "Alisin ang masamang
tao mula sa inyo."

6 Kung mayroong alitan ang isa sa inyo sa iba, maglalakas-
loob ba siya na pupunta sa korteng pambayan sa harapan
ng hindi mananampalatayang hukom, sa halip na sa harapan
ng mga mananampalataya? 2 Hindi ba ninyo alam na ang
mga mananampalataya ang hahatol sa mundo? At kung

hahatulan ninyo ang mundo, wala ba kayong kakayahan na
ayusin ang mga hindi mahahalagang bagay? 3 Hindi ba
ninyo alam na tayo ang hahatol sa mga anghel? Gaano
pa kaya na hatulan natin ang mga bagay ng buhay na
ito? 4 Kung gayun nga na kailangan ninyong gumawa ng
mga hatol ukol sa pang-araw araw na buhay, bakit ninyo
idinudulog ang mga ganitong kaso sa harapan ng mga
walang katayuan sa iglesiya? 5 Sinasabi ko ito upang kayo
ay hiyain. Wala bang kahit isa sa inyo ang may sapat
na karunungan upang ayusin ang mga alitan sa pagitan
ng mga kapatid? 6 Ngunit ang nagyayari ay, ang isang
mananampalataya ay pumupunta sa korte laban sa isa pang
mananampalataya, at ang kasong iyon ay nakalagay sa
harapan ng isang hukom na hindi mananampalataya! 7
Ang katunayan na may mga anumang alitan sa pagitan ng
mga Kristiyano ay pagkatalo na para sa inyo. Bakit hindi
nalang pagdusahan ang mali? Bakit hindi nalang hayaan na
kayo ay dayain? 8 Ngunit ginawan ninyo ng mali at dinaya
ang iba, at sila ay inyong mga sariling kapatid! 9 Hindi
ba ninyo alam na hindi mamanahin ng mga hindi matuwid
ang kaharian ng Diyos? Huwag kayong maniwala sa mga
kasinungalingan. Ang mga mahahalay, mga sumasamba
sa mga diyus-diyosan, mga nangangalunya, mga lalaking
nagbebenta ng aliw, silang mga nakikipagtalik sa kapwa
lalaki, 10 mga magnanakaw, mga sakim, mga lasinggero,
mga mapanirang-puri, mga mandaraya—wala sa kanila ang
magmamana sa kaharian ng Diyos. 11 At ganyan ang ilan sa
inyo. Ngunit nilinis na kayo, at inihandog na kayo sa Diyos,
at kayo ay ginawa nang matuwid sa Diyos sa ngalan ng
Panginoong Jesu-Cristo at sa pamamagitan ng Espiritu ng
ating Diyos. 12 "Para sa sakin ang lahat ay pinapahintulutan
ng batas, ngunit hindi lahat ng bagay ay kapaki-pakinabang
para sa akin. "Para sa sakin ang lahat ay pinapahintulutan
ng batas," ngunit hindi ako magpapaalipin alinman sa mga
ito. 13 "Para sa tiyan ang pagkain, at ang tiyan ay para sa
pagkain," ngunit kapwa wawasakin ng Diyos ang mga ito.
Hindi ginawa ang katawan para sa gawaing mahahalay. Sa
halip, ang katawan ay para sa Diyos, at ang Panginoon ang
magkakaloob para sa katawan. 14 Binuhay ng Diyos ang
Panginoon at siya din ang bubuhay sa atin sa pamamagitan
ng kaniyang kapangyarihan. 15 Hindi ba ninyo alam na
ang inyong mga katawan ay mga bahagi ni Cristo? Maaari
ko bang kunin ang mga bahagi ni Cristo at isama sa mga
nagbebenta ng aliw? Hindi ito maaari! 16 Hindi ba ninyo alam
na ang sinumang nakipag-isa sa mga nagbebenta ng aliw
ay magiging isang laman kasama siya? Gaya ng sinasabi ng
kasulatan, "Ang dalawa ay magiging isang laman." 17 Ngunit
ang sinumang nakipag-isa sa Panginoon ay nakikipag-isa sa
kaniya sa espiritu. 18 Lumayo sa sekswal na imoralidad!
"Ang ibang kasalanan na nagagawa ng tao ay labas sa
katawan," ngunit ang mahalay na tao ay nagkakasala laban
sa kaniyang sariling katawan. 19 Hindi ba ninyo alam na ang
inyong katawan ay templo ng Banal na Espiritu, na siyang
namumuhay sa inyo, na inyong tinanggap mula sa Diyos?
Hindi ba ninyo alam na hindi na ninyo pag-aari ang inyong
sarili? 20 Sapagkat binili na kayo sa isang halaga. Kaya,
luwalhatiin ninyo ang Diyos sa pamamagitan ng inyong
katawan.

7 Ngayon tungkol sa mga bagay na isinulat ninyo sa
akin: May mga panahon na nakakabuti sa isang lalaki
na huwag sumiping sa babae. 2 Ngunit dahil sa mga
tukso ng mga mahalay na gawain, bawat lalaki ay dapat
magkaroon ng sariling asawang babae at ang bawat babae
ay dapat magkaroon din ng sariling asawang lalaki. 3
Dapat ibigay ng asawang lalaki sa kaniyang asawa ang
pang mag-asawang karapatan at ganoon din ang asawang
babae sa kaniyang asawang lalaki. 4 Hindi ang babae ang
may kapamahalaan sa kaniyang sariling katawan, kundi
ang kaniyang asawang lalaki. At ganoon din, ang lalake
hindi siya ang may kapamahalaan sa kaniyang sariling
katawan, kundi ang kaniyang asawang babae. 5 Huwag
ninyong ipagkait sa isa't- isa ang pagsisiping, maliban sa
napagkasunduan at sa isang takdang panahon. Gawin
ninyo ito upang maitatalaga ang inyong mga sarili sa
pananalangin. Pagkatapos magsama kayong muli upang
hindi kayo matukso ni Satanas dahil sa kawalang pagtitimpi.
6 Ngunit sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito bilang
pagsusumamo at hindi bilang isang utos. 7 Nais ko sanang
ang bawat isa ay katulad ko. Kaya lang may kaloob ang
bawat isa na galing sa Diyos. Ang isa ay may ganitong
uri ng kaloob at ang iba ay may ibang kaloob. 8 Sa mga
hindi pa nag-aasawa at sa mga babaeng balo sinasabi ko
na mas mabuti pa sa kanila na manatiling walang asawa,
katulad ko. 9 Ngunit kung hindi na nila kayang pigilan ang
kanilang mga sarili, sila ay dapat ng mag- asawa. Dahil
mas mabuti na sila ay mag-asawa kaysa mag-alab sa pita
ng damdamin. 10 Ngayon sa mga may asawa ibinibigay
ko ang utos na ito—hindi ako, kundi ang Panginoon: "Ang
babae ay hindi dapat humiwalay sa kaniyang asawa". 11
Ngunit kung siya ay hihiwalay sa kaniyang asawa, dapat na
manatili siyang walang asawa o kaya ay makipagkasundo sa
kaniya. At "ang lalaki ay hindi dapat hiwalayan ang kaniyang
asawa." 12 Ngunit sa iba ay sinasabi ko—ako, at hindi
ang Panginoon—na kung may kapatid na lalaki na may
asawang hindi mananampalataya, at kung ang babae ay
kuntento naman sa pakikisama sa kaniya, huwag niya itong
hihiwalayan. 13 Kung ang babae ay may asawang hindi
mananampalataya at kung ang lalake ay kuntento naman sa

pakikisama sa kaniya, huwag niya itong hihiwalayan. 14
Sapagkat ang asawang lalaki na hindi mananampalataya ay
naibukod na dahil sa kaniyang mananampalatayang asawa,
at ang babae na hindi mananampalataya ay naibukod na
rin dahil sa kaniyang asawang mananampalataya. Kung
hindi, ang inyong mga anak ay hindi malilinis, ngunit sa
katotohanan sila ay naibukod na. 15 Ngunit kung ang hindi
Kristiyanong asawa ay humiwalay, hayaan siyang umalis.
Sa ganyang mga kalagayan, ang mga kapatid na lalaki at
babae ay hindi nakatali sa kanilang mga sumpaan. Tinawag
tayo ng Diyos na mamuhay na mapayapa. 16 Sapagkat
babae, paano mo nalalaman kung maililigtas mo ang iyong
asawa? O lalaki, paano mo nalalaman kung maliligtas mo
ang iyong asawa? 17 Hayaan na lamang na ang bawat isa
ay mamuhay sa buhay na itinalaga ng Panginoon sa kanila,
gaya ng pagkatawag ng Diyos sa bawat isa. Ito ang aking
panuntunan sa lahat ng iglesia. 18 Mayroon bang natuli ng
siya ay tawagin upang sumampalataya? hindi niya dapat
alisin ang mga tanda ng kaniyang pagkakatuli. Mayroon
bang hindi natuli ng siya ay tawagin sa pananampalataya?
Hindi siya dapat magpatuli. 19 Sapagkat hindi ang tuli o ang
hindi tuli ang mahalaga. Ang mahalaga ay ang pagsunod
sa mga kautusan ng Diyos. 20 Dapat manatili ang bawat
isa sa pagkakatawag kung ano siya noon ng tawagin siya
ng Diyos upang sumampalataya. 21 Kayo ba ay alipin ng
tawagin ng Diyos? Huwag ng alalahanin ang tungkol dito.
Ngunit kung ikaw ay maaaring maging malaya, gawin mo
ito. 22 Sapagkat sinumang tinawag ng Panginoon bilang
isang alipin ay malayang tao ng Panginoon. Gayundin sa
bawat isa na malaya nang tawagin siya ng Panginoon
upang sumampalataya ay alipin ni Cristo. 23 Kayo ay nabili
ng may halaga kaya huwag na kayong magpa-alipin sa
mga tao. 24 Mga kapatid, anumang buhay ng bawat isa
sa atin nang tayo ay tinawag upang sumampalataya ay
manatili tayo sa ganyang buhay. 25 Ngayon tungkol sa
mga hindi nag-aasawa, ako ay walang kautusan galing
sa Panginoon. Ngunit ako ay may iminumungkahi sa inyo
bilang mapagkatiwalaan ng dahil sa awa ng Panginoon. 26
Dahil dito, naisip ko na dahil sa kagipitan sa kasalukuyan,
mas mabuti pa sa isang lalaki na manatili sa kalagayan
niya. 27 Ikaw ba ay naipagkasundo na sa isang babae sa
sumpaan ng pag-aasawa? Huwag mo ng hanapin pang
makalaya mula dito. Ikaw ba ay malaya na walang asawa
o wala ka pang asawa? Huwag ka ng maghanap pa ng
mapapangasawang babae. 28 Nguni't kung ikaw ay mag-
aasawa, hindi ka nagkakasala. At kung ang isang babae na
wala pang asawa ay mag-aasawa, hindi siya nagkakasala.
At sa kanila na mga nagsisipag-asawa maraming mga
pagsubok na iba't ibang nararanasan habang nabubuhay at
gusto kong maligtas kayo mula sa mga ito. 29 Ngunit ito ang
aking sinasabi mga kapatid na lalaki at babae: Maiksi na
ang panahon. Mula ngayon, ang sinumang may asawang
babae ay mamuhay na parang walang asawa. 30 At sa mga
tumatangis ay dapat kumilos na parang hindi tumatangis at
sa nagsasaya na parang hindi nagsasaya at sa mga namimili
ng anumang bagay ay parang walang pag-aari. 31 At sa
mga nakikisama sa mundong ito ay dapat silang kumilos na
parang walang pakikisama sa mundong ito, sapagkat ang
pamamalakad ng mundong ito ay magtatapos na. 32 Gusto
ko na kayo ay maging malaya sa mga alalahanin. Ang mga
lalaking walang asawa ay alalahanin ang mga tungkol sa
Panginoon, kung paano Siya paluguran. 33 Ngunit ang may
asawang lalaki ay inaalala niya ang mga bagay ng mundo
upang mapasaya ang kaniyang asawa, 34 ang kaniyang
kaisipan ay nahahati. Ang isang babae na wala pang asawa
o dalaga pa ay inaalala ang mga tungkol sa Panginoon,
kung paano niya italaga ang katawan at espiritu. Ngunit ang
babaeng may asawa ay inaalala niya ang mga bagay sa
mundong ito, kung paano niya mapasaya ang kaniyang
asawa. 35 Aking sinasabi ito para sa inyong pakinabang,
hindi upang hadlangan kayo. Aking sinasabi ito kung ano ang
dapat, sa gayon kayo ay maging masigasig sa Panginoon
na walang anumang abala. 36 Ngunit kung sinuman ay nag-
iisip na dahil sa labis na simbuyo ng damdamin hindi na
niya napakikitunguhan na may paggalang ang kaniyang
magiging asawa, ay pakasalan na niya ang babae dahil
iyan ang nais niya. Ito ay hindi kasalanan. 37 Ngunit kung
ang lalaki ay gumawa ng isang pagpapasya na hindi muna
mag-asawa, at walang diwa ng pagmamadali, at kung
napipigilan pa niya ang kaniyang nararamdaman, mabuti
ang naisin niya kung hindi muna siya mag- asawa. 38
Kaya sinuman ang magnanais na magpakasal sa kaniyang
magiging asawa ay mabuti naman, at sa isa na pumili na
hindi na siya mag-asawa ay mas lalong mainam. 39 Ang
isang babae ay natatalian sa kaniyang asawa habang siya
ay nabubuhay. Ngunit kung ang asawang lalaki ay mamatay,
siya ay malayang mag- asawa sa sinuman naisin niya, ngunit
sa Panginoon lamang. 40 Ngunit sa aking paghatol siya ay
mas magiging masaya kung mananatili siya sa kaniyang
kalagayan. At iniisip ko na ako rin ay may Espiritu ng Diyos.

**8** Ngayon tungkol sa pagkain na inialay sa mga diyus-
diyosan: Alam natin na “tayong lahat ay may kaalaman”.
Ang kaalaman ay nakapagpapalalo ngunit ang pag-ibig ang
nagpapatibay. 2 Kung mayroon mang nag-iisip na siya ay
may nalalamang isang bagay, ang taong iyan ay wala pa
talagang nalalaman gaya ng kaniyang dapat na malaman.
3 Ngunit ang sinumang umiibig sa Diyos, ang taong iyan
ay nakikilala niya. 4 Kaya tungkol sa mga pagkaing inialay

sa mga diyus-diyosan: Alam natin na “ang diyus-diyosan
sa mundong ito ay walang kabuluhan” at “walang Diyos
liban sa iisa.” 5 Sapagkat marami ang tinatawag na mga
diyus-diyosan sa langit o sa lupa, gaya ng marami ang mga
“diyus-diyosan at mga panginoon”. 6 “Ngunit sa atin ay
may iisang Diyos Ama, na mula sa kaniya ang lahat ng
mga bagay at siyang dahilan kaya tayo ay nabubuhay, at
may isang Panginoong Jesu-Cristo, na sa pamamagitan
niya ang lahat ng bagay ay umiiral at na sa pamamagitan
niya tayo ay umiiral.” 7 Gayunman, ang kaalamang ito ay
wala sa bawat isa. Sa halip, kinaugalian na ng iba noong
mga nakaraan ang pagsamba sa mga diyus-diyosan at
kumain sila ng pagkaing ito na tila naialay sa diyus-diyosan.
Napasama ang kanilang budhi dahil ito ay mahina. 8 Ngunit
hindi pagkain ang nagmumungkahi sa atin sa Diyos. Hindi
tayo malala kung hindi tayo kakain, ni mas mabuti kung tayo
ay kakain. 9 Ngunit pag-ingatan na ang iyong kalayaan ay
huwag maging sanhi na matisod ang isang tao na mahina
sa pananampalataya. 10 Sapagkat kung ipagpapalagay na
mayroong nakakakita sa iyo na may kaalaman, na kumain
ka ng pagkain sa isang templo ng diyus-diyosan. Hindi ba
mapalalakas ang kaniyang mahinang budhi na kumain ng
naialay sa mga diyus-diyosan? 11 Kaya dahil sa iyong pang-
unawa tungkol sa totoong kalikasan ng mga diyus-diyosan,
ang mga mahihinang kapatid na siyang dahilan kung bakit
namatay si Cristo ay napupuksa. 12 Kaya nga kung ikaw ay
nagkasala sa iyong mga kapatid at nasugatan ang kanilang
mga mahihinang budhi, ikaw ay nagkasala kay Cristo. 13
Kaya nga, kung pagkain ang magiging sanhi na matisod ang
aking mga kapatid, hindi na ako kailanman kakain ng karne
upang hindi ako maging sanhi ng pagbagsak ng aking mga
kapatid. **(aiōn g165)**

**9** Hindi ba ako malaya? Hindi ba ako isang apostol? Hindi
ko ba nakita si Jesus, ang ating Panginoon? Hindi ba't
kayo ang aking mga gawa sa Panginoon? 2 Kung hindi
ako apostol sa iba, gayunman, apostol naman ako sa inyo.
Sapagkat kayo ang patunay ng aking pagka-apostol sa
Panginoon. 3 Ito ang aking pagtatanggol sa mga sumusuri
sa akin. 4 Wala ba kaming karapatang kumain at uminom? 5
Wala ba kaming karapatan na isama ang aming mga asawa
na isang mananampalataya, gaya ng ginagawa ng ibang
mga apostol, at ng mga kapatid ng Panginoon, at ni Cefas?
6 O kami lamang ba ni Bernabe ang dapat magtrabaho? 7
Sino ang naglilingkod bilang isang kawal sa sarili niyang
gastos? Sino ang nagtatanim sa ubasan at hindi kumakain
ng bunga nito? O sino ang nag-aalaga ng kawan at hindi
umiinom ng gatas mula sa mga ito? 8 Sinasabi ko ba ang
mga bagay na ito batay sa makataong kapangyarihan?
Hindi ba sinabi din ito ng batas? 9 Sapagkat nasusulat sa
kautusan ni Moises, “Huwag mong bubusalan ang baka
habang gumigiik ng butil.” Ang baka nga ba talaga ang
pinahahalagahan ng Diyos? 10 Hindi ba siya nagsasalita
tungkol sa amin? Naisulat ito para sa amin, sapagkat ang
siyang nag-aararo ay nag-aararo sa pag-asa at ang gumigiik
ay kailangang gumiik na umaasa na makikibahagi sa ani. 11
Kung naghasik kami ng mga espirituwal na bagay sa inyo,
kalabisan ba sa amin na umani ng mga materyal na bagay
mula sa inyo? 12 Kung ginagawa ng iba ang karapatang
ito mula sa inyo, hindi ba mas lalo na kami? Gayunman,
hindi namin inangkin ang karapatang ito. Sa halip, tiniis
namin ang lahat kaysa maging hadlang sa ebanghelyo ni
Cristo. 13 Hindi ba ninyo alam na ang mga naglilingkod sa
templo ay kumukuha ng pagkain mula sa templo? Hindi ba
ninyo alam na ang mga naglilingkod sa altar ay nakikibahagi
sa kung ano ang naihandog sa altar? 14 Sa ganoon ding
paraan, iniutos ng Panginoon na ang mga nagpapahayag ng
ebanghelyo ay dapat kunin ang kanilang kabuhayan mula sa
ebanghelyo. 15 Ngunit hindi ko inangkin ang kahit anuman sa
mga karapatang ito. At hindi ako nagsusulat upang maganap
ito sa akin. Mas gugustuhin ko pa ang mamatay kaysa
bawian ako ng sinuman ng maipagmamalaki. 16 Sapagkat
kung ipinangangaral ko ang ebanghelyo, wala akong dahilan
para magmayabang dahil dapat ko itong gawin. At kaawa-
awa ako kung hindi ko ipangangaral ang ebanghelyo! 17
Sapagkat kung gagawin ko ito ng maluwag sa kalooban, may
gantimpala ako. Ngunit kung hindi maluwag sa kalooban,
may responsibilidad pa rin ako sa ipinagkatiwala sa akin. 18
At ano ang aking gantimpala? Na kung ako ay nangangaral,
maiaalok ko ang ebanghelyo nang walang bayad at hindi ko
lubos na gagamitin ang aking karapatan sa ebanghelyo.
19 Sapagkat kahit malaya ako sa lahat, naging alipin ako
sa lahat upang makahikayat pa ako ng mas marami. 20
Sa mga Judio, naging katulad ako ng isang Judio upang
makahikayat ng mga Judio. Sa mga nasa ilalim ng kautuan,
naging katulad ako ng isang nasa ilalim ng batas upang
makahikayat ng mga nasa ilalim ng batas. Ginawa ko ito
kahit na wala ako sa ilalim ng batas. 21 Sa mga nasa
labas ng kautusan, naging katulad ako ng nasa labas ng
kautusan, kahit na ako mismo ay wala sa labas ng kautusan
ng Diyos ngunit sa ilalim ng kautusan ni Cristo. Ginawa ko
ito upang aking mahikayat ang mga nasa labas ng kautusan.
22 Sa mga mahihina ako ay naging mahina, upang aking
mahikayat ang mga mahihina. Naging kagaya ako ng lahat
ng mga bagay upang sa lahat ng paraan ay maligtas ko ang
ilan. 23 Ginawa ko ang lahat ng bagay para sa kapakanan
ng ebanghelyo, upang makalahok ako sa lahat ng pagpapala
nito. 24 Hindi ba ninyo alam na sa isang takbuhan, ang
lahat ng mananakbo ay tumatakbo, ngunit iisa lamang

ang makatatanggap ng gantimpala? Kaya tumakbo ka
upang makamit ang gantimpala. **25** Ginagawa ng manlalaro
ang pagpipigil sa sarili sa lahat ng kaniyang pagsasanay.
Ginagawa nila ito upang makatanggap ng koronang nasisira,
ngunit tumatakbo tayo upang makatanggap ng koronang
hindi nasisira. **26** Samakatwid hindi ako tumatakbo ng walang
layunin o sumusuntok sa hangin. **27** Ngunit sinusupil ko ang
aking katawan at ginagawa itong alipin upang pagkatapos
kong mangaral sa iba ay hindi ako maalisan ng karapatan.

**10** Gusto kong malaman ninyo, mga kapatid, na ang ating
mga ninuno ay napasailalim sa ulap at tumawid silang
lahat sa dagat. **2** Lahat ay nabautismuhan kay Moises
sa ulap at sa dagat, **3** at lahat ay kumain ng parehong
espiritwal na pagkain. **4** Lahat ay nakainom ng parehong
espirituwal na inumin. Sapagkat sila ay nakainom mula
sa parehong espirituwal na bato na sumunod sa kanila,
at ang batong ito ay si Cristo. **5** Ngunit hindi lubusang
nalugod ang Diyos sa karamihan sa kanila, at ang kanilang
mga bangkay ay nagkalat sa ilang. **6** Ngayon ang mga
bagay na ito ay mga halimbawa para sa atin, upang tayo
ay hindi manabik sa mga masasamang bagay na gaya ng
kanilang ginawa. **7** Huwag kayong maging mapagsamba
sa mga diyus-diyosan, na tulad ng ilan sa kanila. Ito ay
gaya ng nasusulat, “Ang mga tao ay umupo upang kumain
at uminom, at tumayo upang sumayaw ng may sekswal
na pagnanasa.” **8** Huwag tayong gumawa ng sekswal na
imoralidad, na gaya ng ginawa ng karamihan sa kanila.
Dalawampu't tatlong libo ang namatay sa isang araw dahil
dito. **9** Ni susubukin natin si Cristo, gaya ng ginawa ng
karamihan sa kanila at pinatay sila sa pamamagitan ng
mga ahas. **10** Gayon din huwag kayong magreklamo na
katulad ng ginawa ng karamihan sa kanila, at pinatay sa
pamamagitan ng isang anghel nang kamatayan. **11** Ngayon
nangyari ang mga ito sa kanila upang maging halimbawa
para sa atin. Ito ay mga alituntunin na naisulat-para sa
atin sa mga huling panahon. **(aiōn g165)** **12** Samakatuwid
ang sinumang nag-aakalang nakatayo ay dapat mag-ingat
na hindi siya babagsak. **13** Walang tukso ang dumating
sa inyo na hindi pangkaraniwan sa lahat ng tao. Sa halip,
tapat ang Diyos. Hindi kayo hahayaan ng Diyos na matukso
ng higit sa inyong kakayanan. Sa pamamagitan ng tukso
ay siya din ang magbibigay ng paraan para makatakas,
upang inyo ngang makayanan ang mga ito. **14** Samakatuwid,
aking mga minamahal, lumayo kayo sa pagsamba ng diyus-
diyosan. **15** Kinakausap ko kayo bilang mga maalalahaning
tao, upang inyo ngang hatulan kung ano ang aking sinasabi.
**16** Ang tasa ng biyaya na ating pinagpala, hindi ba't ito
ang pakikibahagi ng dugo ni Cristo? Ang tinapay na ating
pinagpira-piraso, hindi ba't ito ang pakikibahagi ng katawan
ni Cristo? **17** Sapagkat mayroong iisang tinapay, tayo na
marami ay iisang katawan. Magsalu-salo tayong lahat sa
iisang tinapay. **18** Tingnan ninyo ang mga tao ng Israel:
hindi ba't ang mga kumakain ng mga handog ay kabilang sa
altar? **19** Ano nga ba ang aking sinasabi dito? Na ang diyus-
diyosan ay may kabuluhan? O ang pagkain na naialay sa
diyus-diyosan ay may kabuluhan? **20** Ngunit ang sinasabi
ko ay tungkol sa mga bagay na handog ng mga paganong
Hentil, na kanilang inihahandog ang mga bagay na ito sa
mga demonyo at hindi sa Diyos. Ayaw ko kayong maging
kabahagi ng mga demonyo! **21** Hindi kayo maaring uminom
sa tasa ng Panginoon at sa tasa ng demonyo. Hindi kayo
maaaring makisalo sa mesa ng Panginoon at sa mesa ng
mga demonyo. **22** O galitin ba natin ang Panginoon upang
manibugho? Tayo ba ay mas malakas kaysa sa kaniya? **23**
Ang lahat ay pinapahintulutan ng batas, ngunit hindi lahat
ay kapakipakinabang. Ang lahat ay pinapahintulutan ng
batas,” ngunit hindi lahat ay makakapagpatibay sa tao. **24**
Walang sinuman ang dapat na maghahanap sa sarili niyang
kabutihan. Sa halip, hanapin ng bawat isa ang ikabubuti
ng kaniyang kapwa. **25** Maaari niyong kainin ang lahat ng
nabibili sa pamilihan, na walang katanungan sa budhi. **26**
Sapagkat “Ang mundo ay sa Diyos at ang kabuuan nito.” **27**
Kung ang isang hindi mananampalataya ay inanyayahan
kayong kumain, at gusto ninyong pumunta, kainin ninyo ang
anumang inihanda sa inyong harapan na walang katanungan
sa budhi. **28** Ngunit kung ang isang tao ay nagsabi sa
inyo, “Ang pagkain na ito ay mula sa handog ng pagano,”
huwag ninyong kainin. Ito ay para sa kapakanan ng isang
nagsabi sa inyo, at para sa kapakanan ng budhi. **29** Hindi
ko tinutukoy ang inyong sariling budhi kundi ang budhi ng
ibang tao. Sapagkat bakit hinuhusgahan ang aking kalayaan
sa pamamagitan ng ibang budhi? **30** Kung kakain ako
ng pagkain ng may pasasalamat, bakit ako iinsultuhin sa
pinagpasalamatan ko? **31** Samakatwid, kumakain o umiinom
man kayo, o anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ito
sa kaluwalhatian ng Diyos. **32** Huwag kayong maging sanhi
ng ikagagalit ng mga Judio at mga Griyego, o sa iglesia ng
Diyos. **33** Subukan ninyo na gaya ko na nagbibigay lugod
ako sa mga tao sa lahat ng bagay. Hindi ko hinanap ang
aking kapakinabangan, kundi sa karamihan. Ginagawa ko
ito upang sila ay maligtas.

**11** Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Cristo.
**2** Ngayon pinupuri ko kayo dahil naalala ninyo ako
sa lahat ng bagay. Pinupuri ko kayo dahil pinanghawakan
ninyo ng mahigpit ang mga tradisyong gaya ng pagturo
ko sa inyo. **3** Ngayon, gusto kong maintindihan ninyo na
si Cristo ang ulo ng bawat lalaki, at ang lalaki ang ulo ng
babae, at ang Diyos ang ulo ni Cristo. **4** Sinumang lalaki ang

mananalangin at magpapahayag ng propesiya na may takip
ang kaniyang ulo ay hindi niya ginagalang ang kaniyang
ulo. 5 Ngunit hindi ginagalang ng sinumang babae ang
kaniyang ulo kapag nananalangin at nagpapahayag ng
propesiya nang walang takip ang kaniyang ulo. Sapagkat
iisa at parehong bagay na parang ang kaniyang ulo ay
inahitan. 6 Sapagkat kung hindi magtatakip ng kaniyang ulo
ang babae, dapat niyang gupitan ang kaniyang buhok ng
maiksi. Kung kahihiyan ito sa isang babae na magpagupit
ng maiksi o magpaahit ng kaniyang ulo, takpan niya ang
kaniyang ulo. 7 Sapagkat hindi dapat magtakip ng kaniyang
ulo ang lalaki, dahil siya ang larawan at kaluwalhatian ng
Diyos. Ngunit ang babae ang kaluwalhatian ng lalaki. 8
Sapagkat hindi ginawa ang lalaki mula sa babae. Sa halip,
ang babae ang ginawa mula sa lalaki. 9 Sapagkat, hindi rin
nilikha ang lalaki para sa babae, kundi nilikha ang babae
para sa lalaki. 10 Ito ang dahilan kung bakit ang babae ay
dapat magkaroon ng tanda ng kapamahalaan sa kaniyang
ulo, dahil sa mga anghel. 11 Gayon pa man, sa Panginoon,
hindi malaya ang babae sa lalaki, ni hindi rin malaya ang
lalaki sa babae. 12 Sapagkat nagmula sa lalaki ang babae,
gayon din ang lalaki ay nagmula sa babae. At nagmula sa
Diyos ang lahat ng bagay. 13 Kayo na ang humatol: Angkop
ba ito sa isang babae na manalangin sa Diyos nang walang
takip ang kaniyang ulo? 14 Hindi ba't kahit ang kalikasan
mismo ay tinuturuan kayo na kapag may mahabang buhok
ang lalaki, kahihiyan ito sa kaniya? 15 Hindi ba't tinuturo din
ng kalikasan sa inyo na kapag may mahabang buhok ang
babae, ito ay kaniyang kaluwalhatian? Sapagkat ibinigay
sa kaniya ang kaniyang buhok bilang pantakip. 16 Ngunit,
kung may sinumang gustong makipagtalo sa bagay na ito,
wala kaming ibang kaugalian, gayon din ang mga iglesiya
ng Diyos. 17 Sa mga sumusunod na mga tagubilin, hindi ko
kayo pupurihin. Sapagkat kung kayo ay nagtitipun-tipon,
hindi ito para sa ikabubuti subalit sa ikasasama. 18 Sapagkat
sa simula pa lang, narinig kong kapag kayo ay nagtitipun-
tipon sa iglesiya, ay may mga pagkakabaha-bahagi sa inyo,
at bahagya ako ay naniniwala. 19 Sapagkat dapat may mga
pangkat rin kayo, upang makilala sa inyong kalagitnaan ang
mga karapat-dapat. 20 Sapagkat kung kayo ay nagtitipun-
tipon, hindi ang Banal na Hapunan ng Panginoon ang inyong
pinagsasaluhan. 21 Kapag kumakain kayo, kinakain ng bawat
isa ang kaniyang sariling pagkain bago kumain ang iba. Ang
iba ay nagugutom, at ang iba ay nalalasing na. 22 Wala ba
kayong mga bahay upang doon kayo kumain at uminom?
Hinahamak ba ninyo ang iglesiya ng Diyos at ibinababa
ang mga walang-wala? Ano ang kailangan kong sabihin
sa inyo? Pupurihin ko ba kayo? Hindi ko kayo pupurihin
para dito! 23 Sapagkat tinanggap ko mula sa Panginoon ang
ibinibigay ko sa inyo na ang Panginoong Jesus, sa gabing
siya ay ipagkanulo, humuha ng tinapay. 24 Pagkatapos
niyang magpasalamat, pinagpira-piraso niya ito at sinabi:
“Ito ang aking katawan, na para sa inyo. Gawin ninyo ito
upang alalahanin ako.” 25 Sa ganoon ding paraan, matapos
ang Hapunan, kinuha niya ang tasa at kaniyang sinabi, “Ito
ang tasa ng bagong tipan sa aking dugo. Gawin ninyo itong
madalas na pag-inom, upang alalahanin ako.” 26 Sapagkat
sa tuwing kumakain kayo ng tinapay na ito at umiinom sa
tasang ito, ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon
hanggang sa kaniyang pagbabalik. 27 Sinuman ang kakain
ng tinapay o iinom sa tasa ng Panginoon sa hindi karapat-
dapat na pamamaraan, magkakasala siya sa katawan at sa
dugo ng Panginoon. 28 Siyasatin muna ng isang tao ang
kaniyang sarili, at sa paraang ito hayaan siyang kumain ng
tinapay at uminom sa kopa. 29 Sapagkat ang sinumang
kumakain at umiinom nang hindi kinikilala ang katawan, ay
kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili. 30 Iyan
ang dahilan kung bakit marami ang may karamdaman at
may sakit sa inyo, at ang ilan sa inyo ay namatay na. 31
Ngunit kung sinisiyasat natin ang ating mga sarili hindi tayo
mahahatulan. 32 Ngunit kapag hinatulan tayo ng Panginoon,
dinisiplina tayo, upang hindi na tayo mahatulan pa kasama
ang mundo. 33 Kaya, mga kapatid, kung nagtitipun-tipon
kayo upang kumain, hintayin ninyo ang isa't isa. 34 Kung
sinuman ang nagugutom, kumain siya sa tahanan, nang
sa gayon, kapag nagtitipun-tipon kayo, hindi ito para sa
kahatulan. At tungkol sa ibang mga bagay na inyong isinulat,
bibigyan ko kayo ng mga panuto kapag dumating ako diyan.

12 Patungkol sa mga kaloob ng espiritu, mga kapatid,
ayaw kong hindi ninyo malaman. 2 Alam naman ninyo
na noong kayo ay mga pagano pa, naligaw kayo sa mga
diyus-diyosang hindi nagsasalita at kahit sa anong paraan ay
naakay kayo ng mga ito. 3 Kaya nga gusto kong malaman
ninyo na walang sinuman ang nagsasalita sa pamamagitan
ng Espiritu ng Diyos na magsasabi, “Isinumpa si Jesus.”
Wala ring magsasabi, “Si Jesus ay Panginoon,” maliban
sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. 4 Ngayon ay may
iba't ibang mga kaloob, ngunit iisang Espiritu. 5 At may iba't
ibang mga ministeryo ngunit parehong Panginoon. 6 At
may iba't ibang uri ng mga gawain ngunit iisa ang Diyos
na gumagawa upang mangyari ito sa bawat isa. 7 Ngayon
naibigay sa bawat isa ang panlabas na paghahayag ng
Espiritu na kapaki-pakinabang sa lahat. 8 Sapagkat nabigyan
ang iba ng Espiritu na makapagsalita ng karunungan, at sa
iba ay makapagsalita ng may kaalaman sa pamamagitan
ng iisang Espiritu. 9 Sa iba naman ay binibigay niya ang
pananampalataya sa pamamagitan ng iisang Espiritu at sa
iba naman ay kaloob na magpagaling sa pamamagitan ng

iisang Espiritu. 10 Binibigay niya sa iba ang paggawa ng
may kapangyarihan, at propesiya sa iba. Binibigay niya sa
iba ang kakayahang masuri ang mga espiritu, sa iba ay iba't
ibang uri ng mga wika at sa iba ay pagbibigay-kahulugan ng
mga wika. 11 Ngunit iisang Espiritu ang gumagawa sa lahat
ng mga ito, binibigay ang mga kaloob sa bawat isa, ayon sa
pinili niya. 12 Sapagkat ang katawan ay isa at mayroong
maraming bahagi at lahat ng bahagi ay nasa iisang katawan,
at kay Cristo ito. 13 Sapagkat nabautismuhan tayo sa isang
Espiritu sa iisang katawan, maging mga Judio o mga Griego
man, maging nakagapos o malaya, at pinainom ang lahat sa
iisang Espiritu. 14 Sapagkat hindi iisang bahagi ang katawan
kundi marami. 15 Kung sasabihin ng paa, "Yamang hindi
naman ako kamay, hindi ako bahagi ng katawan," hindi na
nga ba ito bahagi ng katawan. 16 At kung sasabihin ng
tainga, "Yamang hindi naman ako mata, hindi na ako bahagi
ng katawan", hindi na nga ba ito bahagi ng katawan. 17 Kung
ang buong katawan ay mata, nasaan ang pakiramdam nang
pandinig? Kung ang buong katawan ay tainga, nasaan ang
pakiramdam nang pang-amoy? 18 Ngunit isinaayos ng Diyos
ang bawat bahagi ng katawan sa kaniyang pagkahugis nito.
19 At kung silang lahat ay pawang iisang bahagi, nasaan
na ang katawan? 20 Kaya ngayon sila ay maraming mga
bahagi, ngunit iisang katawan. 21 Hindi sasabihin ng mata
sa kamay, "Hindi kita kailangan." Ni sasabihin ng ulo sa
paa, "Hindi kita kailangan.". 22 Ngunit ang mga bahagi ng
katawan na parang hindi masyadong marangal ay mahalaga.
23 At ang mga bahagi ng katawan na iniisip nating hindi
masyadong marangal ay binibigyan natin ng mas malaking
karangalan, at ang ating mga bahagi na inaakala nating hindi
maganda ay mayroong higit na karangalan. 24 Ngayon, ang
ating mga magandang bahagi ay hindi kailangang ituring
ng may karangalan sapagkat mayroon na silang halaga.
Ngunit pinagsama-sama ng Diyos ang lahat ng bahagi at
binigyan niya ng higit na karangalan ang mga nagkukulang
nito. 25 Ginawa niya ito upang walang maging pagkakabaha-
bahagi sa loob ng katawan, ngunit upang pangalagaan ng
mga bahagi ang bawat isa na may parehong pagmamahal.
26 At kung ang isang bahagi ay nagdurusa, ang lahat ng
mga bahagi ay sama-samang magdurusa. O kung ang isa
namang bahagi ay naparangalan, ang lahat ng bahagi ay
sama-samang magsasaya. 27 Ngayon, kayo ang katawan ni
Cristo at ang bawat isa ay bahagi nito. 28 At hinirang ng Diyos
sa iglesya, una ay ang mga apostol, pangalawa ay mga
propeta, pangatlo ay mga guro, ang mga gumagawa ng mga
makapangyarihang gawa, mga kaloob ng pagpapagaling,
mga nagbibigay ng tulong, mga gumagawa sa gawain ng
pamamahala, at ang mga may iba't ibang uri ng wika. 29
Tayong lahat ba ay mga apostol? Tayong lahat ba ay mga
propeta? Tayong lahat ba ay mga guro? Tayong lahat ba
ay gumagawa ng mga makapangyarihang gawa? 30 May
mga kaloob ba tayong lahat ng pagpapagaling? Nagsasalita
ba tayong lahat sa iba't ibang wika? Nagpapaliwanag ba
tayong lahat ng mga iba't ibang wika? 31 Masigasig ninyong
hanapin ang mas higit na mga kaloob. At ipapakita ko sa
inyo ang napakahusay na paraan.

13 Ipagpalagay na nakapagsasalita ako ng mga wika ng
mga tao at ng mga anghel. Ngunit kung wala akong
pag-ibig, ako ay gaya lang ng isang batingaw na maingay o
ng isang pompiyang na umaalingawngaw. 2 Ipagpalagay na
mayroon akong kaloob ng propesiya at nauunawaan ang
lahat ng lihim na katotohanan at kaalaman, at mayroon ako
ng lahat ng pananampalataya sa ganoon ay napapalipat ko
ang mga bundok. Ngunit kung ako ay walang pag-ibig, ako
ay walang kabuluhan. 3 At ipagpalagay na naibibigay ko ang
lahat ng nasa akin upang maipakain sa mga mahihirap, at
ibigay ko ang aking katawan upang sunugin. Ngunit kung
wala akong pag-ibig, ako ay walang pakinabang. 4 Ang pag-
ibig ay mapagpasensya at magandang loob. Ang pag-ibig ay
hindi naiinggit o nagyayabang. Hindi mapagmataas, 5 o
hindi marahas. Hindi makasarili, hindi madaling magalit, ni
nagkikimkim ng bilang na mga kamalian. 6 Hindi nagsasaya
sa kalikuan. Sa halip, nagsasaya sa katotohanan. 7 Ang pag-
ibig ay kinakaya ang lahat ng mga bagay, pinaniniwalaan
ang lahat, at nagtitiwala sa lahat ng mga bagay, at tinitiis ang
lahat ng mga bagay. 8 Ang pag-ibig ay hindi nagwawakas.
Kung mayroon mang mga propesiya, ang mga ito ay lilipas.
Kung mayroon mang pagsasalita ng wika, ang mga ito ay
hihinto, at kung may kaalaman ito ay lilipas. 9 Sapagkat
nalalaman natin ng bahagya at nakapagpapahayag din
tayo ng ng propesiya ng bahagya. 10 Ngunit kapag ang
kaganapan ay dumating na, ang alin mang hindi ganap ay
lilipas. 11 Noong ako ay bata pa, ang salita ko ay tulad ng
isang bata. Ang isip ko ay tulad ng isang bata, nagdadahilan
ako na tulad ng isang bata. Ngunit ng ako ay nasa hustong
gulang na, iniwan ko na ang mga bagay ng pagiging isip-
bata. 12 Sa ngayon ang nakikita natin sa salamin ay tila
madilim na larawan, ngunit pagkatapos ay mukhaan na.
Ngayon ay nalalaman ko ang bahagya, ngunit sa pang-
hinaharap lubusan ko ng malalaman na gaya ng lubos na
pagkakilala sa akin. 13 Ngunit ngayon ang tatlong ito ay
mananatili, ang pananampalataya, pag-asa sa hinaharap, at
pag-ibig. Ngunit ang higit sa lahat ng mga ito ay ang pag-
ibig.

14 Magsumikap na matamo ang pag-ibig at maging
masigasig sa mga kaloob ng Espiritu, lalung-lalo na
upang maaari kayong makapagpahayag ng propesiya. 2

Sapagkat ang sinumang nagsasalita ng ibang wika ay
hindi nakikipag-usap sa mga tao kundi sa Diyos. Sapagkat
walang sinuman ang nakakaunawa sa kaniya dahil siya ay
nagsasalita ng mga lihim na bagay sa Espiritu. 3 Ngunit
ang sinumang nagpapahayag ng propesiya ay nagsasalita
sa mga tao upang patibayin sila, upang palakasin ang
kanilang loob, at upang sila ay aliwin. 4 Pinalalakas ng
sinumang nagsasalita ng ibang wika ang kaniyang sarili,
ngunit pinalalakas ng sinumang nagpapahayag ng propesiya
ang iglesiya. 5 Ngayon nais kong magsalita kayong lahat
sa iba't ibang mga wika. Ngunit mas higit pa riyan, nais
kong makapagpapahayag kayo ng propesiya. Higit na
dakila ang sinumang nagpapahayag ng propesiya kaysa
sa sinumang nagsasalita ng iba't ibang mga wika (maliban
kung may magbibigay ng kahulugan), upang mapalakas
ang iglesiya. 6 Ngunit ngayon, mga kapatid, kung papariyan
ako sa inyo na nagsasalita ng iba't ibang mga wika, paano
ako makapagbibigay ng pakinabang sa inyo? Hindi ko
kaya, maliban kung magsasalita ako sa inyo nang may
pagpapahayag, o kaalaman, o propesiya, o pagtuturo. 7
Kung ang mga instrumento na walang buhay gaya ng
plauta o ng alpa ay walang tunog na pagkakakilanlan,
paano malalaman ng sinuman kung anong instrumento
ang tinutugtog? 8 Sapagkat kung hinihipan ang trumpeta
sa hindi tiyak na tunog, paano malalaman ng sinuman
kung kailan ang oras para humanda sa pakikipaglaban? 9
Kagaya din ito sa inyo. Kung magwiwika kayo ng salitang
hindi naiintindihan, paano mauunawaan ng sinuman ang
inyong sinabi? Magsasalita kayo at walang sinuman ang
makakaunawa sa inyo. 10 Walang dudang maraming
magkakaibang wika sa mundo, at lahat ay may kahulugan. 11
Ngunit kung hindi ko alam ang kahulugan ng wika, magiging
dayuhan ako sa tagapagsalita, at magiging dayuhan din sa
akin ang tagapagsalita. 12 Gayon din naman sa inyo. Yamang
sabik kayo para sa mga pagpapahayag ng Espiritu, maging
masigasig upang sumagana sa pagpapalakas ng iglesiya.
13 Kaya kailangang manalangin ang sinumang nagsasalita
ng ibang wika na maaari niyang ipaliwanag ito. 14 Sapagkat
kung mananalangin ako sa ibang wika, nananalangin din
ang aking espiritu, ngunit walang pakinabang ang aking pag-
iisip. 15 Ano ang dapat kong gawin? Mananalangin ako
sa pamamagitan ng aking espiritu, ngunit mananalangin
din ako sa pamamagitan ng aking pag-iisip. Ako ay aawit
sa pamamagitan ng aking espiritu, at aawit din ako sa
pamamagitan ng aking pag-iisip. 16 O kaya'y pinupuri ninyo
ang Diyos sa pamamagitan ng espiritu, paano magsasabi
ng "Amen" ang tagalabas kapag kayo ay nagpapasalamat,
kung hindi niya alam kung ano ang inyong sinasabi? 17
Sapagkat tiyak na kayo ay nagpasalamat ng sapat, ngunit
hindi napalakas ang ibang tao. 18 Nagpapasalamat ako sa
Diyos na ako ay nagsasalita ng iba't ibang wika nang higit
pa sa inyong lahat. 19 Ngunit sa iglesiya mas gugustuhin
kong magsalita ng limang salita sa aking pang-unawa upang
turuan ko ang iba, kaysa sampung libong salita sa ibang
wika. 20 Mga kapatid, huwag maging mga bata sa inyong
pag-iisip. Sa halip, kung tungkol sa kasamaan, maging
gaya ng mga sanggol. Ngunit maging ganap sa inyong pag-
iisip. 21 Sa kautusan ito ay nasusulat, "Sa pamamagitan
ng mga taong may ibang wika at sa pamamagitan ng mga
bibig ng mga dayuhan ako ay magsasalita sa mga taong
ito. Kahit hindi nila ako pakikinggan," sabi ng Panginoon.
22 Samakatwid ang pagsasalita sa iba't ibang wika ay
isang palatandaan, hindi sa mga mananampalataya, kundi
sa mga mananampalataya. Ngunit ang pagpapahayag ng
ppropesiya ay isang palatandaan, hindi para sa mga hindi
mananampalataya kundi sa mga mananampalataya. 23
Samakatuwid, kung ang buong iglesya ay magsasama-
sama at magsasalitang lahat ng iba't ibang wika, at may
mga tagalabas at hindi manananampalatayang pumasok,
hindi ba nila sasabihin na kayo ay nababaliw? 24 Ngunit
kung kayong lahat ay nagpapahayag at may isang hindi
mananampalataya o tagalabas na pumasok, mahihikayat siya
sa pamamagitan ng lahat ng kaniyang maririnig. Masisiyasat
siya sa pamamagitan ng lahat ng nasabi. 25 Mailalantad
ang mga lihim ng kaniyang puso. Bilang kalalabasan,
magpapatirapa siya at sasamba sa Diyos. Kaniyang ihahayag
na ang Diyos ay tunay na nasa inyong kalagitnaan. 26 Ano
nga ang susunod mga kapatid? Kung magsasama-sama
kayo, ang bawat isa ay may salmo, may katuruan, may
pahayag, may pagsasalita sa wika, o may pagpapaliwanag.
Gawin ninyo ang lahat ng bagay upang mapatatag ang
iglesya. 27 Kung mayroon mang nagsasalita sa iba't ibang
wika, hayaan na may dalawa o tatlo, at magsalitan ang
bawat isa. At dapat na mayroong magpaliwanag sa kung
ano ang nasabi. 28 Ngunit kung walang magpapaliwanag,
manahimik na lamang ang bawat isa sa iglesya. Hayaang
magsalita ang bawat isa sa kaniyang sarili at sa Diyos. 29
Hayaang magsalita ang dalawa o tatlong propeta at ang iba
na makinig ng may pagkaalam sa kung ano ang nasabi.
30 Ngunit kung may kaalaman na naibigay sa isa sa mga
nakaupo sa pagtitipon, manahimik ang nagsasalita. 31
Sapagkat ang bawat isa sa inyo ay maaring magpahayag
ng isa-isa upang matuto ang bawat isa at ang lahat ay
mapalakas. 32 Sapagkat ang mga espiritu ng mga propeta ay
napapasailalim sa pamamahala ng mga propeta. 33 Sapagkat
ang Diyos ay hindi Diyos ng kalituhan kundi ng kapayapaan.
Gaya ng lahat ng nasa iglesya ng mga mananampalataya,
34 dapat manahimik ang mga kababaihan sa mga iglesya.

Sapagkat hindi sila pinahihintulutang magsalita. Sa halip,
dapat silang magpasakop tulad ng sinasabi sa kautusan. 35
Kung mayroon man silang nais matutuhan, hayaan silang
magtanong sa kanilang mga asawa sa tahanan. Sapagkat
nakakahiya para sa isang babae ang magsalita sa iglesya.
36 Nagmula ba sa inyo ang salita ng Diyos? Kayo lamang ba
ang naabot nito? 37 Kung mayroon man ang nag-iisip sa
sarili niya na isa siyang propeta o espiritwal, dapat niyang
kilalanin na ang mga bagay na isinulat ko sa inyo ay ang
mga kautusan ng Panginoon. 38 Ngunit kung may sinumang
hindi kumikilala nito, huwag siyang kilalanin. 39 Kaya mga
kapatid, masigasig ninyong mithiin ang magpahayag ng
propesiya at huwag pagbawalan ang sinuman sa pagsasalita
sa iba't ibang mga wika. 40 Ngunit gawin ang lahat na may
angkop at kaayusan.

15 Ngayon aking pina-aalala sa inyo, mga kapatid, ang
ebanghelyo na aking ipinangaral sa inyo, na inyong
tinanggap at tinatayuan. 2 Sa pamamagitan ng ebanghelyong
ito kayo ay naligtas, kung kayo ay hahawak na mabuti sa
mga salita na aking ipinangaral sa inyo, maliban lang kung
kayo ay naniwala ng walang kabuluhan. 3 Sapagkat binigay
ko sa inyo ang pinakamahalaga na aking tinanggap: na si
Cristo ay namatay alang-alang sa ating mga kasalanan ayon
sa mga kasulatan, 4 na siya ay inilibing, at siya ay nabuhay
noong ikatlong araw ayon sa mga kasulatan. 5 At na siya
ay nagpakita kay Cefas, at pagkatapos sa Labindalawa.
6 Pagkatapos siya ay nagpakita sa mahigit limandaan na
mga kapatid ng paminsan. Karamihan sa kanila ay buhay
pa, ngunit ang ilan ay natulog na. 7 At pagkatapos siya
ay nagpakita kay Santiago, at sa lahat ng mga apostol. 8
Kahulihulihan sa lahat, siya ay nagpakita sa akin, katulad ng
isang sanggol na ipinanganak na hindi pa napapanahon.
Sapagkat ako ang pinakahamak sa lahat ng mga apostol.
Ako ay hindi karapat-dapat na tawaging apostol, 9 sapagkat
inusig ko ang iglesya ng Diyos. 10 Ngunit sa pamamagitan
ng biyaya ng Diyos ako ay naging ako, at ang kaniyang
biyaya sa akin ay hindi nawalan ng kabuluhan. Sa halip,
ako ay mas nagtrabaho ng higit sa kanila. Ngunit hindi ako
iyon, kundi ang biyaya ng Diyos na nasa akin. 11 Kaya
kahit na ako o sila man, kami ay nangaral at naniwala
kayo. 12 Ngayon kung si Cristo ay naipahayag na nabuhay
mula sa mga patay, paanong sinasabi ng ilan sa inyo na
walang pagkabuhay muli sa mga patay? 13 Ngunit kung
walang pagkabuhay muli sa mga patay, maging si Cristo ay
hindi muling nabuhay. 14 At kung si Cristo ay hindi muling
nabuhay, ang aming pangangaral ay walang kabuluhan at
ang pananampalataya rin ninyo ay walang kabuluhan. 15 At
kami ay makikitang hindi tunay na saksi patungkol sa Diyos,
sapagkat kami ay nagpatotoo ng laban sa Diyos, sinasabing
nabuhay muli si Cristo, ngunit hindi naman. 16 Sapagkat
kung ang mga patay ay hindi bubuhayin, kahit si Cristo hindi
na rin sana binuhay. 17 At kung hindi nabuhay muli si Cristo,
ang inyong pananampalataya ay walang kabuluhan at kayo
ay nanatili pa rin sa inyong mga kasalanan. 18 At kung
magkaganun ang mga namatay kay Cristo ay napahamak
rin. 19 Kung sa buhay lang na ito tayo umaasa para sa
pang-hinaharap kay Cristo, sa lahat ng mga tao, tayo na ang
pinakakawawa. 20 Ngunit ngayon si Cristo ay binuhay mula
sa mga patay, ang unang bunga ng mga namatay na. 21
Sapagkat ang kamatayan ay dumating sa pamamagitan ng
isang tao, at sa pamamagitan rin ng isang tao dumating ang
pagkabuhay sa mga patay. 22 Sapagkat gaya kay Adan
ang lahat ay mamamatay, gaya din kay Cristo ang lahat
ay mabubuhay. 23 Ngunit ayon sa pagkakasunod-sunod
ng bawat isa: Si Cristo, ang pangunahin sa mga bunga, at
pagkatapos ang mga nakabilang kay Cristo ay bubuhaying
muli sa kaniyang pagdating. 24 Pagkatapos darating ang
wakas, kapag nailipat na ni Cristo ang kaharian sa Diyos
Ama. Ito ay kapag kaniyang binuwag na ang lahat ng
paghahari at lahat ng kapamahalaan at kapangyarihan. 25
Sapagkat dapat na Siya ay maghari hanggang maipasakop
ang lahat ng mga kaaway sa ilalim ng kaniyang mga paa.
26 Ang huling kaaway na sisirain ay ang kamatayan. 27
Sapagkat “inilagay niya ang lahat sa ilalim ng kaniyang mga
paa.” Ngunit kapag sinasabi, “inilagay niya ang lahat,” ito
ay maliwanag na hindi kasama ang naglagay ng lahat na
ipinasakop sa kaniya. 28 Kapag ang lahat ay naipasakop
na sa kaniya, ang Anak mismo ay magpapasakop doon sa
nagpailalim ng lahat sa kaniya. Ito ay mangyayari upang
ang Diyos Ama ay maging lahat sa lahat. 29 Kung hindi
nga, anong gagawin ng mga nabautismuhan para sa mga
patay? Kung ang mga patay ay hindi na talaga bubuhayin,
bakit nagpapabautismo para sa kanila? 30 At bakit kami
ay nanganganib bawat oras? 31 Mga kapatid, sa aking
pagmamalaki sa inyo, na kung anong mayroon ako kay Cristo
Jesus na ating Panginoon, aking ipinahahayag ito: araw araw
ako ay namamatay. 32 Ano ang aking pakinabang, mula sa
isang makataong pananaw, kung ako ay nakikipaglaban
sa mga mababangis sa Efeso, kung ang mga patay ba
ay hindi na bubuhayin? “Kumain na lang tayo at uminom
sapagkat kinabukasan tayo ay mamamatay.” 33 Huwag
kayong padaya: “Ang masasamang kasama ay sumisira ng
mabubuting ugali.” 34 Magpakahinahon kayo! Mamuhay ng
matuwid! Huwag ng magpatuloy na magkasala. Sapagkat
ang ilan sa inyo ay walang kaalaman sa Diyos. Sinasabi ko
ito upang mahiya kayo. 35 Ngunit may magsasabi, “Paano
bubuhayin ang mga patay? At anong klaseng katawan
mayroon sila sa pagparito nila?” 36 Kayo ay mga mangmang!

Anumang inyong itinanim ay hindi ito lalago maliban sa ito
ay mamamatay. 37 At anumang inyong itinanim ay hindi
gaya ng puno ng katawang kalalabasan, kundi binhi pa lang.
Ito ay maaring trigo o ibang tanim. 38 Ngunit ang Diyos ang
magbibigay ng katawan nito ayon sa pagpili niya, at ang
bawat binhi ay may sariling katawan. 39 Hindi lahat ng laman
ay magkakatulad. Sa halip, mayroong isang laman ang taong
mga nilalang, at ibang laman naman para sa mga hayop, at
ibang laman naman para sa mga ibon, at iba rin para sa
mga isda. 40 Mayroon din namang mga katawang panlangit
at mga katawang panlupa. Ngunit ang kaluwalhatian ng
katawang panlangit ay natatangi at ang kaluwalhatian ng
panlupa ay naiiba. 41 Mayroong iisang kaluwalhatian ang
araw, at may ibang kaluwalhatian ang buwan, at may ibang
kaluwalhatian ang mga bituin. Sapagkat naiiba ang isang
bituin sa kaluwalhatian ng ibang bituin. 42 Kaya gayundin,
ang muling pagkabuhay ng mga patay. Ang nailibing ay
nasisira at ang muling binuhay ay hindi nasisira. 43 Inilibing
ito sa kalapastanganan at binuhay sa kaluwalhatian. Inilibing
ito sa kahinaan at naibangon sa kapangyarihan. 44 Inilibing
ito sa likas na katawan at binuhay sa espiritwal na katawan.
Kung mayroong likas na katawan, mayroon ding espiritwal
na katawan. 45 Kaya ito din ay naisulat, “Naging buhay na
kaluluwa ang unang tao na si Adan.” Naging espiritu na
nagbibigay-buhay ang huling Adan. 46 Ngunit hindi unang
dumating ang espiritwal kundi ang likas, pagkatapos niyon
ay ang espiritwal. 47 Ang unang tao ay sa mundo na gawa
sa alabok. Ang pangalawang tao ay mula sa langit. 48 Gaya
ng isang taong gawa mula sa alabok, ganoon din ang mga
gawa mula sa alabok. Gaya ng taong mula sa langit, ganoon
din ang mga taong mula sa langit. 49 Gaya natin na isinilang
sa larawan ng tao na mula sa alabok, atin ding madadala
ang larawan ng taong mula sa langit. 50 Ngayon sinasabi ko
ito, mga kapatid, na ang laman at dugo ay hindi maaring
magmana ng kaharian ng Diyos. Ni ang mga nasisira ay
hindi magmamana ng hindi nasisira. 51 Tingnan ninyo!
Sinasabi ko sa inyo ang lihim na katotohanan: Tayong lahat
ay hindi mamamatay ngunit tayong lahat ay mababago.
52 Tayong ay mababago sa isang iglap, sa isang kisap-
mata, sa huling trumpeta. Sapagkat tutunog ang trumpeta
at babangon ang lahat ng namatay na hindi na nasisira at
tayo ay mababago. 53 Sapagkat itong nasisira ay dapat
mailagay sa hindi nasisira at ang namamatay na ito ay
dapat mailagay sa hindi namamatay. 54 Ngunit kung itong
nasisira ay nailagay sa hindi nasisira at ang namamatay
na ito ay mailalagay sa hindi namamatay, mangyayari ang
tungkol sa kasabihang naisulat, “Nilamon ang kamatayan
ng pagtatagumpay.” 55 “Kamatayan, nasaan ang iyong
tagumpay? Kamatayan, nasaan ang iyong kamandag?”
(Hadēs g86) 56 Ang kamandag ng kamatayan ay kasalanan at
ang kapangyarihan ng kasalanan ay ang kautusan. 57 Ngunit
salamat sa Diyos, na siyang nagbibigay sa atin ng tagumpay
sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo! 58 Kaya
nga, aking mga minamahal na kapatid, maging matatag
kayo at huwag patitinag. Lagi kayong managana sa gawain
ng Panginoon, dahil alam ninyong ang inyong gawain sa
Panginoon ay hindi mawawalan ng kabuluhan.

16 Ngayon tungkol sa koleksiyon para sa mga
mananampalataya, gaya ng iniutos ko sa mga iglesia
sa Galacia, ay inyo ding gawin. 2 Sa unang araw ng linggo,
ang bawat isa sa inyo ay magtabi ng anumang bagay
at ipunin ninyo, ayon sa inyong makakaya. Gawin ninyo
ito upang pagpunta ko diyan ay wala ng kokolektahin.
3 At kung ako ay makarating, ang sinuman ang inyong
pahintulutan, ay aking ipapadala na kasama ng mga liham
upang dalhin ang inyong mga handog sa Jerusalem. 4 At
kung ito ay nararapat para sa akin na pumunta doon, sila'y
pupuntang kasama ko. 5 Ngunit ako ay pupunta sa inyo,
kapag dumaan ako sa Macedonia. Sapagkat dadaan ako sa
Macedonia. 6 Marahil ako ay mananatili na kasama ninyo o
kahit magpalipas ako hanggang sa taglamig, upang ako ay
inyong matulungan sa aking paglalakbay, saan man ako
pumunta. 7 Sapagkat hindi ko nais makita kayo ngayon sa
maikling panahon. Ngunit umaasa akong makakagugol ako
sa inyo ng mahabang panahon, kung papahintulutan ng
Panginoon. 8 Ngunit mananatili ako sa Efeso hanggang sa
Pentecostes, 9 sapagkat may isang maluwang na pintuan
ang nabuksan para sa akin, at doon ay maraming kaaway. 10
Ngayon kung darating si Timoteo, tingnan ninyo siya na wala
siyang dahilang matakot habang kasama ninyo, sapagkat
ginagawa niya ang gawain ng Panginoon, na gaya ng
aking ginagawa. 11 Huwag hayaang hamakin siya ninuman.
Tulungan ninyo siyang maging mapayapa sa kaniyang daan,
upang siya ay makapunta sa akin. Sapagkat inaasahan
kong pagpunta niya dito kasama niya ang mga kapatid. 12
Ngayon tungkol sa ating kapatid na si Apolos. Matindi kong
hinihimok na bisitahin niya kayo na kasama ang mga kapatid.
Ngunit nakapagpasiya siyang hindi makakapunta ngayon.
Gayunman, siya ay pupunta kapag magkaroon siya ng
pagkakataon. 13 Maging mapagmatiyag, at maging matatag
sa pananampalataya, kumilos gaya ng mga lalaki, maging
malakas. 14 Ang lahat na inyong ginagawa ay gawin sa pag-
ibig. 15 Alam ninyo ang sambahayan ni Estefanas. Alam
ninyo na sila ang mga unang sumampalataya sa Acaya, at
kanilang itinalaga ang kanilang mga sarili sa paglilingkod sa
mga mananampalataya. Ngayon, hinihikayat ko kayo, mga
kapatid, 16 na magpasakop sa mga taong tulad nila, at sa
bawat isa na tumutulong sa gawain at gumagawa kasama

namin. 17 At nagagalak ako sa pagdating nina Estefanas,
Fortunato at Acaico. Sila ang nagpuno sa inyong kawalan.
18 Sapagkat pinalakas nila ang aking espiritu at pati ang sa
inyo. Kaya, kilalanin ninyo ang mga taong kagaya nito. 19
Binabati kayo ng mga iglesiya sa Asya. Binabati rin kayo
nina Aquila at Prisca sa Panginoon, kasama ang iglesiya na
nasa kanilang tahanan. 20 Binabati kayo ng lahat na mga
kapatid. Batiin ninyo ang bawat isa ng banal na halik. 21
Ako, si Pablo, ang nagsulat nito sa aking sariling kamay. 22
Kung sinuman ang hindi umiibig sa Panginoon, sumakaniya
ang sumpa. Aming Panginoon, pumarito ka na! 23 Ang
biyaya ng Panginoong Jesus ang sumainyo. 24 Ang aking
pag-ibig nawa ang sumainyong lahat kay Cristo Jesus.

# 2 Mga Corinto

**1** Ako si Pablo na apostol ni Jesu-Cristo dahil sa kalooban
ng Diyos, at si Timoteo na ating kapatid, para sa iglesya ng
Diyos na nasa Corinto at sa lahat ng mga mananampalataya
sa buong rehiyon ng Acaya. **2** Sumainyo nawa ang biyaya at
kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama at ng Panginoong
Jesu-Cristo. **3** Nawa ang Diyos at Ama ng ating Panginoong
Jesu-Cristo ay mapapurihan. Siya ang Ama ng mga awa
at ang Diyos ng lahat ng kaalliwan. **4** Ang Diyos ang
nagbibigay ng kaginhawaan sa atin sa lahat ng ating mga
pagdurusa, upang mabigyan natin ng kaaliwan ang lahat
ng nagdurusa. Makakapagbigay tayo ng aliw sa iba kung
paano tayo binigyang aliw ng Diyos. **5** Sapagkat kung paano
nananagana ang paghihirap ni Cristo para sa atin, ganoon
din nananagana ang kaaliwan na aming nararanasan mula
kay Cristo. **6** Ngunit kung kami ay nagdurusa, ito ay para sa
inyong kaaliwan at kaligtasan. At kung kami ay naaaliw, ito
ay parasa inyong kaaliwan. Ang inyong kaaliwan ay mabisa
kung ibabahagi ninyo nang may tiyaga ang mga paghihirap
na atin ding naranasan. **7** At ang aming pagtitiwala para
sa inyo ay tiyak. Alam namin na habang nakikihati kayo
sa paghihirap, nakikihati din kayo sa kaaliwan. **8** Dahil
ayaw namin na hindi ninyo malaman, mga kapatid, ang
tungkol sa kaguluhang naranasan namin sa Asya. Kami
ay labis na nabigatan nang higit sa aming makakaya, na
halos hindi na kami umasang mabuhay pa. **9** Sa katunayan,
hinatulan na kami ng kamatayan. Ngunit iyon ay upang hindi
kami magtiwala sa aming mga sarili, kundi sa Diyos na
bumubuhay sa mga patay. **10** Siya ang nagligtas sa amin sa
malagim na kamatayan, at ililigtas niya kaming muli. Inilagay
na namin ang aming pagtitiwala sa kaniya na ililigtas niya
kaming muli. **11** Gagawin niya ito habang tinutulungan ninyo
kami sa pamamagitan ng inyong panalangin. At marami
ang magpapasalamat para sa amin para sa pagpapala na
ibinigay sa amin sa pamamagitan ng panalangin ng marami.
**12** Ipinagmamalaki namin ito: ang patotoo ng aming budhi.
Dahil sa malinis na hangarin at katapatan sa Diyos kaya
kami namuhay sa mundo. Ginawa namin ito lalong lalo na
sa inyo, at hindi sa karunungan ng mundo, ngunit sa halip
sa biyaya ng Diyos. **13** Hindi kami sumulat sa inyo ng ano
mang bagay na hindi niyo mababasa o maiintindihan. Ako
ay nagtitiwala **14** na naintindihan na ninyo kami ng bahagya.
At nagtitiwala ako na sa araw ng ating Panginoong Jesus,
kami ay inyong ipagmamalaki, katulad ng pagmamalaki
namin sa inyo. **15** Dahil nagtitiwala ako tungkol dito, nais
kong una kayong puntahan, upang matanggap ninyo ang
pakinabang ng dalawang pagbisita. **16** Balak kong bumisita
sa inyo sa pagpunta ko sa Macedonia. Pagkatapos nais
kong bumisita muli sa inyo sa aking paglalakbay galing
Macedonia at upang matulungan ninyo ako sa pagpunta ko
sa Judea. **17** Nang nag-iisip ako ng ganito, nag-aalinlangan
ba ako? Binalak ko ba ang mga bagay ayon sa pamantayan
ng mga tao, upang masabi ko ang "Oo, oo" at "Hindi, hindi"
ng sabay? **18** Ngunit kung paanong ang Diyos ay tapat,
hindi natin sasabihin ng sabay ang "Oo" at "Hindi." **19** Dahil
si Jesu-Cristo na Anak ng Diyos na ipinahayag namin nina
Silvanus at Timoteo sa inyo, ay hindi "Oo" at "Hindi." Kundi
laging "Oo". **20** Dahil ang lahat ng mga pangako ng Diyos ay
"Oo" sa kaniya. Kaya sa pamamagitan din niya, magsasabi
tayo ng "Amen" sa kaluwalhatian ng Diyos. **21** Ngayon ang
Diyos na nagpatibay sa amin at sa inyo kay Cristo, at kaniya
tayong sinugo. **22** Nilagay niya ang kaniyang tatak sa atin at
ibinigay ang Espiritu sa ating mga puso bilang katiyakan sa
kung ano ang ibibigay niya sa atin pagkatapos. **23** Sa halip,
tumawag ako sa Diyos upang maging saksi para sa akin
na ang dahilan ng hindi ko pagpunta sa Corinto ay upang
matulungan ko kayo. **24** Ito ay hindi dahil sa sinusubukan
namin kayong pangunahan kung ano ang dapat sa inyong
paniniwala. Sa halip, kami ay gumagawa kasama ninyo
para sa inyong kagalakan, habang kayo ay naninindigan sa
inyong pananampalataya.

**2** Kaya pinasya ko sa aking sarili na huwag na muling
pumunta sa inyo nang nakakasakit. **2** Kung nagdulot ako
sa inyo ng sakit, sino pa ba ang makapagpapasaya sa akin
kundi ang mga nasaktan ko? **3** Sumulat ako gaya ng aking
ginawa upang sa aking pagpunta sa inyo ay maaaring hindi
na ako masaktan ng mga dapat ay nagbigay ng kagalakan
sa akin. Naniniwala ako sa inyo na ang kagalakan na aking
nararanasan ay tulad din ng kagalakang mayroon kayo. **4**
Dahil sumulat ako sa inyo ng may matinding kapighatian, at
may pusong nagdadalamhati, at maraming pagluha. Ayaw
kong magdulot sa inyo ng sakit. Sa halip, nais kong malaman
ninyo kung gaano kalalim ang pag-ibig na mayroon ako para
sa inyo. **5** Kung sino man ang nagdulot ng sakit, hindi niya
lamang ito ginawa sa akin, ngunit sa halip—hindi sa nagiging
mahigpit ako—ay sa inyong lahat. **6** Ang parusang ito ng
nakararami sa taong iyon ay sapat na. **7** Kaya ngayon, sa
halip na parusahan, dapat ninyo siyang patawarin at bigyan
ng kaaliwan. Gawin ninyo ito upang hindi siya manghina
dahil sa labis na kalungkutan. **8** Kaya hinihikayat ko kayo
na pagtibayin ninyo ang pag-ibig ninyo para sa kaniya sa
harapan ng marami. **9** Ito ang dahilan kaya ako sumulat,
upang masubok ko at malaman kung masunurin kayo sa
lahat ng bagay. **10** Kung pinatawad ninyo ang sino man,
patatawarin ko rin ang taong iyon. Ano man ang aking
pinatawad—kung pinatawad ko ang anumang bagay—
pinatawad ko ito para sa inyong kapakanan sa harap ni

Cristo. Ito ay upang hindi tayo malinlang ni Satanas. **11** Dahil
hindi tayo mga mangmang sa kaniyang mga balak. **12** Isang
pinto ang binuksan para sa akin ng Panginoon nang ako
ay pumunta sa lungsod ng Troas upang maipangaral ang
ebanghelyo ni Cristo doon. **13** Kahit pa walang kapayapaan
sa aking isipan, dahil hindi ko nahanap doon si Tito na aking
kapatid. Kaya iniwan ko sila doon at bumalik sa Macedonia.
**14** Ngunit, salamat sa Diyos na laging nagdadala sa atin sa
tagumpay kay Cristo. Sa pamamagitan natin, ipinalaganap
niya ang mabangong samyo ng kaalaman sa kaniya sa
lahat ng dako. **15** Dahil para sa Diyos, tayo ay mabangong
samyo kay Cristo, maging sa mga nailigtas at sa mga
napapahamak. **16** Sa mga taong napapahamak, ito ay isang
samyo mula sa kamatayan para sa kamatayan. Sa mga
nailigtas, ito ay isang samyo mula sa buhay para sa buhay.
Sino ang karapat-dapat sa mga bagay na ito? **17** Dahil hindi
kami tulad ng maraming tao na ipinagbibili ang salita ng
Diyos para sa kita. Kundi, sa malinis na layunin, nagsasalita
kami kay Cristo, dahil kami ay mga sinugo mula sa Diyos, sa
paningin ng Diyos.

**3** Sinisimulan ba naming papurihang muli ang aming
mga sarili? Hindi namin kailangan ng mga liham ng
rekomendasyon para sa inyo o mula sa inyo, tulad ng
ibang tao, hindi ba? **2** Kayo mismo, ang aming liham ng
rekomendasyon, nasusulat sa aming mga puso, alam at
nababasa sa pamamagitan ng lahat ng tao. **3** At pinakita
ninyo na kayo ay liham mula kay Cristo, na ipinadala sa
pamamagitan namin. Ito ay naisulat hindi sa tinta kundi
sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos na buhay. Hindi ito
nasusulat sa tapyas ng bato, kundi sa mga tapyas ng puso
ng mga tao. **4** At ito ang tiwala na mayroon kami sa Diyos
sa pamamagitan ni Cristo. **5** Wala kaming kakayahan sa
aming mga sarili upang angkinin ang anumang bagay na
galing mula sa amin. Sa halip, ang aming kakayahan ay
mula sa Diyos. **6** ito ang Diyos na siyang gumawa na
makaya naming kami ay maging mga lingkod ng isang
bagong tipan. Ito ang tipan na hindi isang sulat ngunit
ng Espiritu. Dahil ang sulat ay nakamamatay, ngunit ang
Espiritu ay nagbibigay ng buhay. **7** Ngayon ang gawa ng
kamatayan na nakaukit sa mga salita sa ibabaw ng bato
ay dumating ng may kaluwalhatian na ang mga tao sa
Israel ay hindi makatingin ng diretso sa mukha ni Moises.
Dahil ito sa kaluwalhatiang mayroon sa kaniyang mukha,
isang kaluwalhatian na naglalaho. **8** Hindi ba't ang mga
gawa ng Espiritu ay siyang higit na maluwalhati? **9** Dahil
kung ang paglilingkod ng kahatulan ay may kaluwalhatian,
gaano pa kaya nananagana ang paglilingkod ng katuwiran
sa kaluwalhatian! **10** Dahil sa katunayan, ang minsang
naging maluwalhati ay hindi na naging maluwalhati sa
paraang ito, dahil sa kaluwalhatian na humigit dito. **11** Dahil
kung ang lumilipas ay may kaluwalhatian, gaano pa ang
nananatili sa kaluwalhatian! **12** Dahil mayroon tayong pag-
asa, napakatapang natin. **13** Hindi tayo tulad ni Moises, na
naglagay ng takip sa kaniyang mukha, upang ang mga tao
sa Israel ay hindi makatingin ng tuwid sa katapusan ng isang
kaluwalhatian na naglalaho. **14** Ngunit ang kanilang mga
isipan ay sarado. Kahit hanggang ngayon sa araw na ito,
ang parehong takip sa mukha ay nanatili parin sa pagbasa
ng lumang tipan. Hindi ito nabuksan, dahil tanging si Cristo
lamang ang nakagawa nito. **15** Ngunit hanggang ngayon, sa
tuwing si Moises ay mababasa isang takip ang tinataglay
nila sa kanilang mga puso. **16** Ngunit kapag ang isang tao ay
bumalik sa Panginoon, ang takip sa mukha ay matatanggal.
**17** Ngayon ang Panginoon ay ang Espiritu. Kung nasaan ang
Espiritu ng Panginoon, naroon ang kalayaan. **18** Ngayon
tayong lahat na walang takip sa mga mukha ay makikita
ang kaluwalhatian ng Panginoon. Binago tayo sa parehong
larawan ng kaluwalhatian mula sa isang uri ng antas ng
kaluwalhatian tungo sa isa pa, tulad ng mula sa Panginoon,
na Espiritu.

**4** Samakatuwid, dahil kami ay mayroong ganitong
ministeryo, at dahil nakatanggap kami ng awa, hindi kami
pinanghinaan ng loob. **2** Sa halip, itinakwil pa namin ang
mga kaparaanan na kahiya-hiya at nakatago. Hindi kami
namumuhay sa pandaraya, at hindi namin ginagamit sa
maling paraan ang salita ng Diyos. Sa pamamagitan ng
paghahayag ng katotohanan, iminumungkahi namin ang
aming sarili para sa budhi ng lahat sa paningin ng Diyos.
**3** Ngunit kung ang ating ebanghelyo ay nakatalukbong,
nakatalukbong lamang ito sa mga nawawala. **4** Sa
kanilang kalagayan, ang kanilang mga isip na walang
pananampalataya ay binulag ng diyos ng mundong ito. Bilang
resulta nito, wala silang kakayanang makita ang liwanag ng
kaluwalhatian ni Cristo, na kalarawan ng Diyos. **(aiōn g165)** **5**
Sapagkat hindi namin ipinapangaral ang aming mga sarili,
kundi si Cristo Jesus bilang Panginoon, at kami bilang inyong
mga lingkod alang-alang kay Jesus. **6** Sapagkat ang Diyos
ang siyang nagsabi, “Ang liwanag ay magniningning mula sa
kadiliman.” Siya ay nagliwanag sa aming mga puso, upang
ibigay ang liwanag ng kaalaman sa kaluwalhatian ng Diyos
sa presensiya ni Jesu-Cristo. **7** Ngunit mayroon kaming
kayamanan sa loob ng isang sisidlang gawa sa putik, upang
maging malinaw na ang lubhang dakilang kapangyarihan ay
nararapat para sa Diyos at hindi sa amin. **8** Nagdurusa kami
sa lahat ng bagay, ngunit hindi nagapi. Naguguluhan, ngunit
hindi kami nawalan ng pag-asa. **9** Inuusig kami ngunit hindi
pinabayaan. Hinahampas kami ngunit hindi nasira. **10** Palagi
naming dinadala sa aming mga katawan ang kamatayan ni

Jesus, nang sa gayon ang buhay ni Jesus ay maihayag din
sa aming mga katawan. 11 Kaming mga nabubuhay ay laging
nahaharap sa kamatayan alang-alang kay Jesus, upang
ang buhay ni Jesus ay maihayag sa aming mga katawang
tao. 12 Sa kadahilanang ito, ang kamatayan ay kumikilos
sa amin, ngunit ang buhay ay kumikilos sa inyo. 13 Ngunit
mayroon tayong parehong espiritu ng pananampalataya
na ayon sa nasusulat: "Nanampalataya ako, kaya ako ay
nagpahayag." Tayo rin ay nananampalataya, kaya't tayo rin
ay nagpapahayag. 14 Alam namin na ang muling bumuhay
sa Panginoong Jesus ay bubuhayin din kaming muli kasama
niya. Alam namin na dadalhin niya kami kasama ninyo sa
kaniyang presensya. 15 Ang lahat ay para sa kapakanan
ninyo nang sa gayon, habang lumalaganap ang habag sa
maraming tao, ang pasasalamat ay lalong madaragdagan
para sa kaluwalhatian ng Diyos. 16 Kaya hindi kami nasiraan
ng loob. Kahit na pinanghihinaan kami sa aming panlabas
na katawan, patuloy na pinalalakas ang amig kalooban sa
araw-araw. 17 Sapagkat, ang panandalian at bahagyang
pagdadalamhati na ito ay naghanda sa amin para sa walang
hanggang bigat ng kaluwalhatian na hindi masukat. **(aiōnios
g166)** 18 Sapagkat hindi kami tumitingin sa mga bagay na
nakikita, kundi sa mga bagay na hindi nakikita. Ang mga
bagay na nakikita ay panandalian, ngunit ang mga bagay na
hindi nakikita ay walang hanggan. **(aiōnios g166)**

**5** Alam natin na kung nasira ang ating lupang tahanan
na tinitirahan, mayroon tayong tahanan sa langit na
ginawa ng Diyos. Ito ay tirahan na hindi ginawa ng kamay
ng tao, kundi walang hanggang tahanan, sa langit. **(aiōnios
g166)** 2 Sapagkat dumaraing tayo sa katawang lupa na ito,
na naghahangad na madamitan ng ating makalangit na
tahanan. 3 Hinahangad natin ito sapagkat sa pamamagitan
ng ating pagsuot dito hindi tayo madaratnang hubad. 4
Sapagkat habang nakatira pa tayo sa toldang ito, tayo ay
dumaraing dahil nabibigatan. Ayaw nating matanggalan ng
damit. Sa halip, nais nating madamitan, upang ang katawang
namamatay ay mapalitan ng buhay. 5 Ang naghanda sa
atin para sa ganitong pagbabago ay ang Diyos mismo, na
nagbigay sa atin ng Espiritu bilang katibayan sa kung ano
ang darating. 6 Kaya maging laging malakas ang loob.
Dapat nating malaman na habang tayo ay nasa katawang-
lupa, malayo tayo sa Panginoon. 7 Sapagkat lumalakad
tayo sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi sa
mga bagay na nakikita. 8 Kaya mayroon tayong lakas ng
loob. Mas pipiliin pa nating iwanan ang katawang ito at
manirahan kasama ng Panginoon. 9 Kaya gawin natin
itong layunin, kung tayo man ay nasa ating katawang lupa
dito sa mundo o sa langit man, upang malugod siya. 10
Sapagkat tayo ay haharap sa hukuman ni Cristo, upang
ang bawat isa ay makatanggap ng nararapat sa lahat ng
bagay na kaniyang ginawa sa katawan, maging sa mabuti
man o masama. 11 Samakatuwid, sa pagkaalam ng takot
sa Panginoon, hinihikayat namin ang mga tao. Malinaw
na nakikita ng Diyos kung sino tayo. Sana ay malinaw din
ito sa inyong budhi. 12 Hindi namin kayo hinihikayat muli
upang ipakita na kami ay tapat. Sa halip, ay binibigyan
namin kayo ng dahilan upang maipagmalaki ninyo kami,
upang may maisasagot kayo sa mga taong nagmamalaki sa
mga panlabas na anyo ngunit hindi sa mga nilalaman ng
puso. 13 Dahil kung kami ay parang wala sa sarili naming
kaisipan, para ito sa Diyos. At kung kami ay nasa tamang
kaisipan, ito ay para sa inyong kapakanan. 14 Dahil ang
pagmamahal ni Cristo ang nag-uudyok sa amin, sapagkat
kami ay sigurado dito: na mayroong isang tao na namatay
para sa lahat, kaya ang lahat ay namatay. 15 At namatay si
Cristo para sa lahat, upang ang mga nabubuhay ay hindi na
mamuhay para sa kanilang mga sarili. Sa halip dapat silang
mamuhay para sa kaniya na namatay at muling nabuhay. 16
At dahil dito, mula ngayon, hindi na natin hahatulan ang
sinuman ayon sa batayan ng tao, kahit na noong simula ay
ganoon din ang ating pagtingin kay Cristo. Ngunit ngayon
hindi na tayo tumitingin sa kanino man sa ganitong paraan.
17 Sapagkat kung sinuman ang kay Cristo, siya ay isang
bagong nilalang. Ang luma ay lumipas na. Tingnan, sila
ay naging bago na. 18 Ang lahat ng mga bagay na ito ay
nagmula sa Diyos. Nakipagkasundo siya sa atin dahil kay
Cristo, at binigyan niya tayo ng ministeryo sa pagkakasundo.
19 Ang ibig sabihin, dahil kay Cristo, ipinagkakasundo ng
Diyos ang mundo sa kaniya, at hindi binilang ang kanilang
mga pagkakasala laban sa kanila. Ipinagkakatiwala niya sa
atin ang mensahe ng pakikipagkasundo. 20 Kaya kami ay
itinalaga bilang mga kinatawan ni Cristo, na para bang ang
Diyos mismo ang nakikipag-usap sa inyo sa pamamagitan
namin. Ipinakikiusap namin sa inyo, alang-alang kay Cristo:
"Makipagkasundo kayo sa Diyos!" 21 Si Jesus ay ginawa
niyang handog para sa ating mga kasalanan. Siya na hindi
kailan man nagkaroon ng kasalanan. Ginawa niya ito upang
tayo ay maging katuwiran ng Diyos sa kaniya.

**6** At kaya, sa sama-samang paggawa, nakikiusap kami sa
inyo na huwag tanggapin ang biyaya ng Diyos ng walang
katuturan. 2 Sapagkat sinabi niya, "Sa tamang panahon, ikaw
ay aking pinansin, at sa araw ng pagliligtas, ikaw ay aking
tinulungan." Tingnan ninyo, ngayon ang tamang panahon.
Ngayon ang araw ng kaligtasan. 3 Hindi kami maglalagay
ng katitisurang bato sa harap ng sino man, sapagkat hindi
namin hinahangad na ang aming minesteryo ay humantong
sa pagkasira ng pangalan. 4 Sa halip, pinatutunayan namin
ang aming mga sarili sa pamamagitan ng aming mga

ginagawa, na kami ay mga lingkod ng Diyos. Kami ay mga
lingkod niya sa maraming pagtitiis, kapighatian, kagipitan,
kahirapan 5 sa panghahagupit, pagkabilanggo, pagkakagulo,
pagtatrabaho ng sobra, mga gabing walang tulog, gutom, 6
sa kalinisan, sa kaalaman, pagtityaga, kabutihan, sa Espiritu
Santo, sa tunay na pag-ibig. 7 Kami ay kanyang mga
lingkod sa salita ng katotohanan, sa kapangyarihan ng
Diyos. Mayroon kaming baluti ng katuwiran sa kanan at
sa kaliwang kamay. 8 Gumagawa kami sa karangalan at
kahihiyan, sa panlalait at papuri. Kami ay napagbintangan na
sinungaling ngunit kami ay matapat. 9 Kami ay gumagawa
na parang mga hindi kilala ngunit kami ay mga kilala pa rin.
Gumagawa kami na parang mamamatay na— at tingnan
ninyo! — nabubuhay pa rin kami. Gumagawa kami na parang
pinarurusahan sa aming mga gawa, ngunit hindi para hatulan
ng kamatayan. 10 Gumagawa kami na parang malulungkot,
ngunit kami ay laging nagagalak. Gumagawa kami na
parang naghihirap, ngunit ginagawa naming mayaman ang
marami. Gumagawa kami na parang walang-wala, ngunit
mayroon ng lahat ng bagay. 11 Sinabi na namin ang buong
katotohanan sa inyo, mga taga-Corinto, at ang aming puso
ay nakabukas. 12 Hindi kami ang pumigil sa inyong mga
puso, ngunit pinigilan kayo ng inyong mga sariling damdamin.
13 Ngayon sa makatarungang pagpapalitan—nagsasalita
ako na parang kayo ay mga anak ko—malawak ninyong
buksan ang inyong mga puso. 14 Huwag kayong makikipag-
isa sa mga hindi mananampalataya. Ano ang kaugnayan
ng katuwiran sa kasamaan? At anong kaugnayan mayroon
ang ilaw sa kadiliman? 15 Anong kasunduan mayroon si
Cristo kay Belial? O anong kabahagi mayroon ang mga
mananampalataya sa mga hindi mananampalataya? 16 At
anong kasunduan mayroon sa pagitan ng templo ng Diyos at
sa mga diyus-diyosan? Sapagkat tayo ang templo ng buhay
na Diyos, katulad ng sinabi ng Diyos: "Ako ay mananahan
sa kanila at lalakad kasama nila. Ako ang magiging Diyos
nila at sila ay magiging bayan ko." 17 Kaya, "Lumabas kayo
mula sa kanilang kalagitnaan, at maihiwalay kayo," sabi
ng Panginoon. "Huwag humawak ng anumang maruming
bagay, at tatanggapin ko kayo. 18 Ako ay magiging Ama
sa inyo, at kayo ay magiging aking mga anak na lalaki at
babae," sabi ng Panginoong Makapangyarihan.

7 Mga minamahal, dahil mayroon tayo ng mga pangakong
ito, linisin natin ang ating mga sarili mula sa lahat ng
bagay na nagpaparumi sa ating katawan at espiritu. Sikapin
nating maging banal sa pagkatakot sa Diyos. 2 Gumawa
kayo ng lugar para sa amin! Wala kaming ginawan ng mali.
Wala kaming sinaktan na kahit sino man o nagsamantala sa
kung sino man. 3 Hindi para husgahan kayo kaya sinabi ko
ito. Sapagkat sinabi ko na sa inyo na kayo ay nasa aming
mga puso, para mamatay tayo nang magkasama at mabuhay
nang magkasama. 4 Mayroon akong malaking tiwala sa inyo,
at ipinagmamalaki ko kayo. Napuno ako ng kaginhawaan.
Nag-uumapaw ang aking kagalakan sa kabila ng kapighatian.
5 Nang makarating kami sa Macedonia, walang pahinga ang
aming mga katawan. Sa halip, nabagabag kami sa lahat
ng paraan sa maraming kaguluhan sa labas at takot sa
kalooban. 6 Ngunit ang Diyos, na nagbibigay kaaliwan sa
mga pinanghihinaan ng loob, ay nagbigay kaaliwan sa amin
sa pamamagitan ng pagdating ni Tito. 7 Ito ay hindi lamang
sa pamamagitan ng kaniyang pag dating na inaliw tayo ng
Diyos. Ito ay dahil na rin sa kaginhawaang tinanggap ni
Tito mula sa inyo. Sinabi niya sa amin ang lubos ninyong
pagmamahal, ang inyong pighati, at ang inyong labis na
pag-aalala sa akin. Kaya lalo akong nagagalak. 8 Kahit na
naging malungkot kayo dahil sa aking sulat, hindi ko ito
pinagsisihan. Ngunit pinagsisihan ko ito nang makita ko na
ginawa kayong malungkot ng aking sulat. Ngunit naging
malungkot kayo ng sandali lamang. 9 Ngayon, masaya
ako, hindi dahil sa kayo ay nagdadalamhati, ngunit dahil
sa ang inyong kalungkutan ang naging daan sa inyong
pagsisisi. Nakaranas kayo ng kalungkutan mula sa Diyos,
kaya hindi nasayang ang inyong pagdurusa dahil sa amin.
10 Sapagkat ang kalungkutan mula sa Diyos ay nagdudulot
ng pagsisisi na kumukumpleto sa kaligtasan ng walang
panghihinayang. Gayon man, ang kalungkutan sa mundo ay
nagdadala ng kamatayan. 11 Tingnan kung anong matinding
determinasyon ang naidulot sa inyo ng kalungkutang mula
sa Diyos na ito. Higit na matindi ang matibay na hangad sa
inyo para patunayan na kayo ay walang sala. Namuhi kayo
sa inyong sarili, natakot kayo, nanabik, nagsikap, at ninais
ninyong makita na ang katarungan ay kailangan mangyari!
Sa lahat ng bagay pinatunayan niyo ang inyong mga sarili
na walang sala sa bagay na ito. 12 Kahit pa sumulat ako
sa inyo, hindi ako sumulat para lang sa kapakanan ng
mga gumagawa ng mali, ni para sa mga nagdusa sa mali.
Sumulat ako para ang inyong pagkamasigasig para sa amin
ay maipaalam sa inyo sa paningin ng Diyos. 13 Ito ay sa
pamamagitan nito kaya malakas ang ating loob. Dagdag sa
ating sariling kaginhawaan, nagdiriwang rin kami dahil sa
kagalakan ni Tito, dahil ang kaniyang espiritu ay lumakas sa
pamamagitan ninyong lahat. 14 Dahil kung ipinagmalaki ko
sa kaniya ang tungkol sa inyo, hindi ako nahiya. Sa kabilang
dako, tulad ng lahat ng bagay na sinabi namin sa inyo ay
totoo, ang aming pagmamalaki tungkol sa inyo kay Tito ay
napatunayang totoo. 15 Ang kaniyang pag-ibig sa inyo ay
mas higit pa, habang inaalala niya ang pagiging masunurin
ninyong lahat, kung paano ninyo siya tinanggap ng may

takot at panginginig. 16 Ako ay nagagalak dahil lubos ang
aking pagtitiwala sa inyo.

8 Nais naming malaman ninyo, mga kapatid, tungkol
sa biyaya ng Diyos na naibigay sa mga iglesiya sa
Macedonia. 2 Sa panahon ng matinding pagsubok sa
pagdadalamhati, ang kasaganahan ng kanilang kagalakan at
ang mahigpit na pangangailangan sa kanilang kahirapan ay
nagbunga ng matinding kasaganahan ng kagandahang loob.
3 Sapagkat nagpapatotoo ako na nagbigay sila hanggang sa
kanilang makakaya, at labis pa sa kung ano ang kanilang
makakaya. At naaayon sa kanilang sariling kalooban 4 nang
may matinding pagmamakaawa, sumasamo sila sa amin
para sa pagkakataon ng pagbabahagi sa paglilingkod sa
mga mananampalataya. 5 Hindi ito nangyari nang gaya sa
aming inaasahan. Sa halip, una nilang ibinigay ang kanilang
mga sarili sa Panginoon. At ibinigay nila ang kanilang
mga sarili sa amin ayon sa kalooban ng Diyos. 6 Kaya
hinimok namin si Tito, na nagsimula ng gawaing ito, upang
maisakatuparan ang gawaing ito ng kagandahang loob para
sa inyo. 7 Ngunit nanagana kayo sa lahat ng bagay—sa
pananampalataya, sa pananalita, sa kaalaman, sa lahat
ng kasipagan, at sa inyong pag-ibig para sa amin. Kaya
siguraduhin niyo na managana kayo sa mga gawain ng
kagandahang loob. 8 SInasabi ko ito hindi bilang isang utos.
Sa halip, sinasabi ko ito upang subukan ang katapatan ng
inyong pagmamahal sa pamamagitan ng pagkukumpara nito
sa pananabik ng ibang tao. 9 Sapagkat nalalaman ninyo
ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Kahit na siya
ay mayaman, para sa inyong kapakanan siya ay naging
mahirap, upang sa pamamagitan ng kaniyang kahirapan
kayo ay maaaring maging mayaman. 10 Sa bagay na ito
bibigyan ko kayo ng payo na makakatulong sa inyo. Isang
taon ang nakakaraan, hindi lang kayo nagsimulang gumawa
ng isang bagay, kundi ninais ninyong gawin ito. 11 Ngayon
tapusin ninyo ito. Katulad ng pagsisikap at kagustuhan
na gawin ito noon, matapos ninyo rin sana ito, hanggang
kaya ninyo. 12 Sapagkat kung kayo ay may pagsisikap
na gawin ang gawaing ito, ito ay mabuti at katanggap-
tanggap. Nakabatay ito sa kung ano ang mayroon ang isang
tao, hindi sa kung ano ang wala sa kaniya. 13 Sapagkat
ang gawaing ito ay hindi upang ang iba ay magaanan
at ang iba ay mabigatan. Sa halip, dapat magkaroon
ng pagkakapantay-pantay. 14 Ang iyong kasaganaan
sa panahong ito ay makapagbibigay sa kung anuman
ang kanilang pangangailangan. Ito ay dahil din sa ang
kanilang kasaganaan ay maaaring makapagbigay ng iyong
pangangailangan, at nang magkaroon ng pagkakapantay-
pantay. 15 Katulad ito ng nasusulat: “Ang nananagana ay
nawalan ng labis, at ang may kaunti ay hindi nagkulang.”
16 Ngunit salamat sa Diyos, na naglagay sa puso ni Tito
nang katulad ng pagmamalasakit na mayroon ako para sa
inyo. 17 Sapagkat hindi niya lamang tinanggap ang aming
panawagan, ngunit siya rin ay naging napaka-masikap
tungkol dito. Dumating siya sa inyo sa kaniyang sariling
kagustuhan. 18 Siya ay ipinadala namin kasama ang kapatid
na pinupuri sa lahat ng mga iglesiya sa kaniyang gawa sa
pagpapahayag ng ebanghelyo. 19 Hindi lamang ito, ngunit
siya rin ang inihalal ng mga simbahan na maglakbay kasama
namin sa aming pagangasiwa ng kagandahang loob. Ito ay
para sa karangalan ng Panginoon at sa ating pagsusumikap
na makatulong. 20 Kami ay umiiwas na magkaroon ng
sino mang magreresklamo tungkol sa amin hinggil sa
kagandahang loob na ito na ating pinangangasiwaan. 21
Iniingatan naming gawin kung ano ang kagalang-galang,
hindi lamang sa harap ng Panginoon, ngunit sa harap din ng
mga tao. 22 Ipinapadala rin namin kasama nila ang isa pang
kapatid. Siya ay madalas naming nasubok, at napatunayan
naming siya ay masigasig sa maraming gawain. Siya ay
higit na masipag na ngayon dahil sa matibay na paniniwala
niya sa inyo. 23 Patungkol naman kay Tito, siya ang aking
kasama at kamanggagawa sa inyo. Gayon din naman sa
aming mga kapatid, sila ay ipinadala ng mga iglesia. Sila ay
karangalan kay Cristo. 24 Kaya ipakita niyo sa kanila ang
inyong pag-ibig, at ipakita sa mga iglesia ang dahilan ng
aming pagmamalaki tungkol sa inyo.

9 Tungkol naman sa ministeryo para sa mga
mananampalataya, para sa akin ay kalabisan na ang
sumulat pa sa inyo. 2 Alam ko ang tungkol sa inyong
hangarin, na ipinagmalaki ko sa mga taga-Macedonia.
Sinabihan ko sila na ang Acaya ay naghahanda na mula pa
nang nakalipas na taon. Ang inyong pagiging masigasig ay
nag-udyok sa karamihan sa kanila na kumilos. 3 Ngayon
ipinadala ko ang mga kapatid upang ang pagmamalaki
namin tungkol sa inyo ay hindi mawalan ng kabuluhan, at
upang kayo ay maging handa, gaya ng aking sinabi. 4 Sa
halip, kung sino man sa mga taga-Macedonia ang sumama
sa akin at madatnan kayong hindi handa, mapapahiya
tayo—wala akong sinabi tungkol sa inyo—dahil sa lubos
na tiwala sa inyo. 5 Kaya naisip ko na kinakailangan na
himukin ang mga kapatid na pumunta sa inyo at maunang
gumawa ng mga kasunduan para sa kaloob na ipinangako
ninyo. Ito ay para maging handa bilang isang biyaya, at hindi
sapilitan. 6 Tandaan ninyo ito: kung sino man ang nagtatanim
ng kaunti ay mag aani ng kaunti, at kung sino man ang
nagtatanim sa layunin ng pagpapala ay aani ng pagpapala.
7 Bawat isa ay magbigay ayon sa pasiya ng kaniyang puso.
Huwag siyang hayaang magbigay na may kalungkutan o
napilitan. Sapagkat minamahal ng Diyos ang masayang

nagbibigay. 8 At may kakayahan ang Diyos na paramihin
ang bawat pagpapala para sa inyo, upang, palagi, sa lahat
ng bagay, magkakaroon kayo ng lahat ng kailangan ninyo.
Nang sa gayon maaari kayong gumawa ng mas maraming
mabubuting bagay. 9 Ito ay gaya ng nasusulat: "Ipinamahagi
niya ang kaniyang kasaganaan at ibinigay sa mahihirap.
Ang kaniyang katuwiran ay magpakailanman." **(aiōn g165)**
10 Ang nagbibigay ng binhi sa nagtatanim at tinapay para
sa pagkain, ay magbibigay din at pararamihin ang inyong
binhi para sa pagtatanim. Pararamihin niya ang ani ng
inyong katuwiran. 11 Pasasaganahin niya kayo sa lahat ng
paraan upang maging mapagbigay kayo. Magdadala ito
ng pasasalamat sa Diyos mula sa amin. 12 Sapagkat ang
pangangasiwa sa gawaing ito ay hindi lang makakatugon
sa mga pangangailangan ng mga mananampalataya. Ito
rin ay nagpaparami sa maraming gawaing ng pasasalamat
sa Diyos. 13 Dahil sa nasubok na kayo at napatunayan ng
gawaing ito, luluwalhatiin rin ninyo ang Diyos sa pagsunod sa
inyong pagpapahayag sa ebanghelyo ni Cristo. Luluwalhatiin
rin ninyo ang Diyos sa kasaganaan ng inyong mayamang
handog sa kanila at sa bawat isa. 14 Nananabik sila sa
inyo, at ipinapanalangin nila kayo. Ginagawa nila ito dahil
sa napaka dakilang biyaya ng Diyos na nasa inyo. 15 Sa
Diyos nawa ang lahat ng pasasalamat sa kaniyang hindi
maipaliwanag na kaloob!

**10** Akong si Pablo, ay nananawagan sa inyo, sa
kababaang loob at kahinahunan ni Cristo. Ako ay
mapagpakumbaba kapag ako ay nasa harap ninyo, ngunit
matapang ako sa inyo kapag nasa malayo ako. 2 Nakikiusap
ako sa inyo na, kapag ako ay nasa harapan ninyo, hindi ko
kailangang maging matapang at malakas ang loob. Ngunit
naisip ko na kailangan kong maging matapang kapag sinagot
ko ang mga nag-aakala na namumuhay kami ng naaayon sa
laman. 3 Bagaman kami ay namumuhay sa laman, hindi
kami nakikipaglaban ayon sa laman. 4 Dahil ang aming
sandata sa aming pakikipaglaban ay hindi makalaman.
Sa halip, mayroon silang dakilang kapangyarihan para
wasakin ang mga kuta. Dinadala nila sa wala ang mga
maling pangangatuwiran. 5 Winawasak din namin ang
bawat pagmamataas laban sa kaalaman tungkol sa Diyos.
Binibihag namin ang lahat ng kaisipan para sa pagsunod kay
Cristo. 6 At naghahanda kami upang parusahan ang bawat
gawain ng pagsuway, hanggang sa ang inyong pagsunod ay
maging ganap. 7 Tingnan ninyo kung ano ang maliwanag
na nasa inyong harapan. Kung sino man ang naniwala na
siya ay kay Cristo, sana ay paalalahanan niya ang kaniyang
sarili na kung siya ay kay Cristo, ganoon din kami. 8 Dahil
kahit na ako ay para bang nagmamalaki ng labis tungkol sa
aming kapangyarihan, na ibinigay ng Panginoon sa amin
upang kayo ay pagtibayin at hindi upang kayo ay wasakin,
hindi ako mahihiya. 9 Ayaw kong ipakita na tinatakot ko
kayo sa aking mga sulat. 10 Dahil sinasabi ng ibang tao,
"Ang kaniyang mga sulat ay mahalaga at makapangyarihan,
ngunit ang kaniyang katawan ay mahina. Ang kaniyang mga
salita ay hindi karapat-dapat na pakinggan." 11 Hayaan
nating malamanng mga taong ito na kung ano ang sinasabi
namin sa sulat kung kami ay nasa malayo, ay gagawin
rin namin kung kami ay nariyan. 12 Hindi namin gustong
ibukod ang aming mga sarili o ikumpara ang aming mga
sarili sa mga pumupuri sa kanilang mga sarili. Ngunit kung
susukatin man nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan
ng bawat isa at ikumpara ang kanilang mga sarili sa bawat
isa, wala silang mga alam. 13 Gayon man, kami ay hindi
magmamalaki ng higit sa nararapat. Sa halip, gagawin lang
namin sa hangganan na itinakda sa amin ng Diyos, na
umabot hanggang sa inyo. 14 Sapagkat hindi kami naging
palalo sa aming mga sarili nang kami ay pumunta sa inyo.
Kami ang naunang pumunta sa inyo para sa ebanghelyo
ni Cristo. 15 Hindi kami nagmamalaki ng labis tungkol sa
mga gawain ng iba. Sa halip, umaasa kami na kasabay
ng paglago ng inyong pananampalataya ay mas lalo pang
lalawak ang lugar ng ating gawain, at nananatili sa dapat
nitong hangganan. 16 Umaasa kami para dito, upang maaari
naming ipangaral ang ebanghelyo kahit na sa mga rehiyon
na lampas sa inyo. Hindi namin ipagmamalaki ang tungkol sa
gawain na ginagawa sa lugar ng iba. 17 "Ngunit hayaan ang
nagmamalaki, na magmalaki sa Panginoon." 18 Sapagkat
hindi ang sinasang-ayunan ng kanyang sarili ang sasang-
ayunan. Sa halip, siya na sinasang-ayunan ng Panginoon.

**11** Ninanais ko na pagtiyagaan ninyo ako sa ilan sa
aking kamangmangan. Ngunit ako nga ay inyong
pinagtitiyagaan! 2 Sapagkat ako ay naninibugho sa inyo.
Ako ay may maka-diyos na panibugho sa inyo sapagkat
ipinangako ko kayo na mapangasawa ng isang lalaki. Ako ay
nangako na ihaharap kayong dalisay na birhen kay Cristo. 3
Ngunit ako ay natatakot na baka katulad ni Eba, kayo ay
malinlang ng ahas sa kaniyang pagiging tuso, at ang inyong
kaisipan ay maaring mailayo sa tapat at dalisay na pananalig
kay Cristo. 4 Sapagkat ipagpalagay na may dumating at
ipahayag ang ibang Jesus liban sa aming ipinangaral. O
ipagpalagay na kayo ay tumanggap ng ibang espiritu liban
sa inyong tinanggap. O ipagpalagay na kayo ay tumanggap
ng ibang ebanghelyo liban sa inyong tinanggap. Labis na
ninyong pinapayagan ang mga ganitong bagay! 5 Sapagkat
sa tingin ko, hindi ako ang pinakamababa sa mga tinatawag
na pinakamagagaling na mga apostol. 6 Ngunit kahit na
ako ay hindi nagsanay sa pananalita, ako ay hindi kapos
sa kaalaman. Sa bawat pagkakataon at sa lahat ng bagay

pinaalam namin ito sa inyo. 7 Ako ba ay nagkasala sa
pagpapakababa ko sa aking sarili upang kayo ay maitaas?
Sapagkat itinuro ko sa inyo ang mabuting balita ng Diyos
ng walang bayad. 8 Ninakawan ko ang ibang mga iglesia
sa pamamagitan ng pagtanggap ko ng kanilang tulong
upang kayo ay aking mapaglingkuran. 9 Noong ako ay na
sa inyo at nangangailangan, hindi ako naging pabigat sa
kahit na sino. Sapagkat ang aking mga pangangailangan
ay tinugunan ng mga kapatid na galing sa Macedonia. Sa
lahat ng bagay iniwasan ko na maging pabigat sa inyo at
ipagpapatuloy kong gawin iyon. 10 Gaya ng katotohanan ni
Cristo na nasa akin, ang pagmamayabang kong ito ay hindi
mapatatahimik sa mga bahagi ng Acaya. 11 Bakit? Dahil
ba hindi ko kayo mahal? Alam ng Diyos na kayo ay aking
minamahal. 12 Ngunit ang aking ginagawa, ay gagawin ko
rin. Gagawin ko ito upang maputol ang pagkakataon ng mga
nagnanais ng pagkakataon na maging katulad namin sa
kanilang mga pinagmamayabang. 13 Sapagkat ang mga
ganoong tao ay hindi totoong apostol at mapanlinlang na
mga manggagawa. Sila ay nagpapanggap na mga apostol ni
Cristo. 14 At ito ay hindi na nakakagulat sapagkat kahit si
Satanas ay nagpanggap na isang anghel ng liwanag. 15
Ito ay hindi labis na nakagugulat kung ang kaniyang mga
alagad ay nagbabalat kayo rin na mga alagad ng katuwiran.
Ang kanilang kapalaran ay kung ano ang nararapat sa
kanilang mga gawa. 16 Sinasabi ko ulit: Huwag isipin ng kahit
na sino man na ako ay mangmang. Ngunit kung ganoon
nga ang inyong iniisip, tanggapin ninyo ako tulad ng isang
mangmang upang ako ay makapagyabang ng kaunti. 17
Ang aking sinasabi tungkol sa mayabang na lakas ng loob
na ito ay hindi pinapayagan ng Panginoon ngunit ako ay
nagsasalita tulad ng isang mangmang. 18 Dahil maraming
tao ang nagyayabang na naaayon sa laman, ako rin ay
magyayabang. 19 Sapagkat masaya ninyong pinagtitiyagaan
ang mga mangmang. Kayo mismo ay matatalino! 20
Sapagkat pinagtityagaan ninyo ang umaalipin sa inyo, kung
siya ay nagdudulot ng pagkakabaha-bahagi sa inyo, kung
siya ay nanlalamang sa inyo, kung siya ay nagyayabang, o
sinampal niya kayo sa mukha. 21 Nahihiya kong sasabin na
kami ay labis na mahihina para gawin iyon. Ngunit kung
magyayabang—ang iba ako ay nagsasalita na tulad ng isang
mangmang—ako rin ay magyayabang. 22 Sila ba ay mga
Hebreo? Ako rin. Sila ba ay mga Israelita? Ako rin. Sila ba
ay mula sa kaapu-apuhan ni Abraham? Ako rin. 23 Sila
ba ay mga alagad ni Cristo? (Ako ay nagsasalita na para
bang ako ay wala sa aking tamang pag-iisip.) Lalong lalo na
ako. Ako ay higit na nakaranas ng mabigat na trabaho, sa
mas maraming bilangguan, nakaranas ng hindi mabilang
na pamamalo, humarap sa panganib ng kamatayan. 24
Mula sa mga Judio nakatanggap ako ng limang “apatnapung
latigo binawasan ng isa”. 25 Tatlong beses akong pinalo ng
tungkod. Minsang binato. Tatlong beses na nawasak ang
barko na aking sinasakyan. nakaranas akong magdamag at
buong araw na nasa karagatan. 26 Ako ay madalas na nasa
paglalakbay, nanganib mula sa mga ilog, nanganib mula sa
mga magnanakaw, nanganib mula sa aking mga kababayan,
nanganib mula sa mga Gentil, nanganib sa lungsod,
nanganib sa ilang, nanganib sa karagatan, nanganib mula
sa mapagpanggap na mga kapatid. 27 Ako ay nakaranas
ng matinding trabaho at paghihirap, mga gabi na walang
tulog, madalas na nagugutom at nauuhaw, madalas na nag-
aayuno, giniginaw at walang maisuot. 28 Bukod pa sa lahat
ng ito, araw-araw ang panggigipit sa akin ng aking pag-aalala
sa lahat ng mga iglesiya. Kung sinuman ang nanghihina,
ako rin ay nanghihina? 29 Sino ang naging dahilan ng
pagkahulog ng isa sa kasalan, na hindi ako nagalit? 30 Kung
ako ay magyayabang. Ako ay magyayabang tungkol sa mga
nagpapakita ng aking kahinaan. 31 Ang Diyos at ang Ama
ng Panginoong Jesus, siya na pinupuri magpakailanman,
alam niya na hindi ako nagsisinungaling! **(aiōn g165)** 32 Sa
Damascus, ang gobernador sa ilalim ni haring Aretas ay
binabantayan ang lungsod ng Damasco upang ako ay huliin.
33 Ngunit ako ay ibinaba sa bintana sa pader gamit ang
basket at ako ay nakatakas mula sa kaniyang mga kamay.

**12** Dapat akong magyabang, ngunit walang mapapala
dito. Ngunit ako ay magpapatuloy sa mga pangitain at
mga pahayag na mula sa Panginoon. 2 Ako ay may kilalang
tao kay Cristo, labing apat na taon na ang nakararaan—kung
sa katawan o hindi sa katawan, hindi ko alam, alam ng
Diyos— na dinala sa ikatlong langit. 3 At alam ko na ang
taong ito—kung sa katawan o hindi sa katawan, hindi ko
alam, alam ng Diyos— 4 na dinala sa paraiso at narinig ang
mga bagay na labis na sagrado na sabihin ng kahit na sino.
5 Para sa tulad ng tao na iyon ako ay magyayabang. Ngunit
para sa akin hindi ako magyayabang, maliban sa aking mga
kahinaan. 6 Kung gusto kong magyabang, hindi ako magiging
mangmang sapagkat sasabihin ko ang katotohanan. Ngunit
pipigilan kong magmayabang upang walang mag-isip na
ako ay higit sa kung anong nakikita sa akin o naririnig mula
sa akin. 7 Pipigilan ko rin na magmayabang dahil sa hindi
pangkaraniwang uri na mga pahayag na iyon. Kung kaya,
upang ako ay hindi mapuno ng pagmamalaki, isang tinik
sa laman ang ibinigay sa akin, isang mensahero mula kay
Satanas upang ako ay guluhin at ng ako ay hindi labis na
maging mapagmataas. 8 Tatlong beses akong nagmakaawa
sa Panginoon tungkol dito, para tanggalin ito sa akin. 9
At sinabi niya sa akin, “Ang aking biyaya ay sapat sa
iyo, sapagkat ang kapangyarihan ay nagiging ganap sa

kahinaan." Kung kaya mas mabuti pang ipagmayabang ko
ang tungkol sa aking kahinaan, upang ang kapangyarihan ni
Cristo ay manahan sa akin. 10 Kung kaya ako ay nasisiyahan
alang-alang kay Cristo, sa kahinaan man, sa panglalait
man, sa kaguluhan man, sa pagmamalupit man, sa mga
pangyayari man na nakapagbibigay ng kapighatian. Sa
tuwing ako ay mahina, saka ako malakas. 11 Ako ay naging
isang mangmang! Pinilit ninyo ako na gawin ito, kahit kayo
sana ang dapat pumuri sa akin. Sapagkat hindi ako mababa
kaysa sa mga tinatawag na matatalinong apostol na iyan,
kahit na ako ay walang silbi. 12 Ang tunay na palatandaan
ng isang apostol ay ginawa sa inyo ng buong pagtitiyaga,
ang mga palatandaan at mga kamangha-manghang bagay
at mga dakilang gawa. 13 Kaya paanong kayo ay mas hindi
pinapahalagahan kaysa sa ibang mga iglesiya, maliban na
lang na ako ay hindi naging pabigat sa inyo? Patawarin
ninyo ako sa ganitong kamalian! 14 Tingnan niyo! Ako ay
handang pumunta sa inyo sa ikatlong pagkakataon. Ako ay
hindi magiging pabigat sa inyo sapagkat hindi ko gusto ang
anumang nasa inyo. Kayo ang gusto ko. Sapagkat ang mga
anak ay hindi dapat mag-ipon para sa mga magulang. Sa
halip, ang mga magulang ang dapat mag-ipon para sa mga
anak. 15 Ako ay labis na matutuwa na gumugol at mapagod
para sa inyong mga kaluluwa. Kung mahal ko kayo ng labis,
dapat ba akong mahalin ng kakaunti? 16 Ngunit ganoon nga,
hindi ako naging pabigat sa inyo. Ngunit dahil ako ay tuso,
kayo ay aking nahuli sa pamamagitan ng panlinlang. 17 Kayo
ba ay nilamangan ko sa pamamagitan ng aking mga isinugo
sa inyo? 18 Pinakiusapan ko si Tito na pumunta sa inyo, at
pinasama ko sa kaniya ang isang kapatid. Nilamangan ba
kayo ni Tito? Hindi ba tayo lumakad sa parehong paraan?
19 Sa tingin niyo ba sa buong panahon ay ipinagtatanggol
namin ang aming mga sarili sa inyo? Sa paningin ng Diyos,
ayon sa kalooban ni Cristo ipinagsasabi namin ang lahat para
sa inyong kalakasan. 20 Sapagkat ako ay nangangamba
na baka hindi ko makita sa inyo ang aking inaasahan. Ako
ay nangangamba na baka hindi niyo makita sa akin ang
inyong inaasahan. Ako ay nangangamba na baka mayroong
pagtatalo, pagkainggit, pagsilakbo ng galit, makasariling
hangarin, usap-usapan, pagmamataas at kaguluhan. 21 Ako
ay nangangamba na sa aking pagbalik, ibaba ako ng aking
Diyos sa inyong harapan. Ako ay nangangamba na baka
ako ay magdalamhati dahil sa maraming nagkasala noon, at
sa mga hindi nagsisi mula sa karumihan at pangangalunya
at kahalayan na kanilang nakaugalian.

**13** Ito na ang pangatlong pagkakataon na ako ay pupunta
sa inyo. "Ang bawat paratang ay dapat pagtibayin ng
patotoo ng dalawa o tatlong saksi." 2 Sinabi ko na sa mga
nagkasala noon at sa lahat, noong ikalawang pagpunta ko
riyan, at sasabihin kong muli: Sa aking pagbabalik, hindi ko
na sila patatawarin. 3 Sinasabi ko ito sa inyo dahil kayo ay
naghahanap ng katibayan na si Cristo ay nagsasalita sa
pamamagitan ko. Hindi siya mahina patungkol sa inyo. Sa
halip, siya ay makapangyarihan sa inyo. 4 Sapagkat siya ay
naipako sa kahinaan ngunit siya ay buhay sa pamamagitan
ng kapangyarihan ng Diyos. Sapagka't kami rin ay mahina
ngunit kami ay mabubuhay kasama niya sa pamamagitan ng
kapangyarihan ng Diyos na nasa inyo. 5 Suriin ninyo ang
inyong sarili upang makita ninyo kung kayo ay namumuhay
sa pananampalataya. Subukin ninyo ang inyong mga sarili.
Hindi ba ninyo napagtanto na si Jesu-Cristo ay nasa inyo?
Siya ay nasa inyo maliban kung kayo ay hindi pinagtibay. 6
At ako ay nakatitiyak na kami ay makikita ninyong pinagtibay.
7 Ngayon kami ay nananalangin sa Diyos na sana kayo ay
hindi gumawa ng kahit anong mali. Hindi ko pinapanalangin
na kami ay lumabas na parang nakapasa sa pagsubok,
sa halip, dalangin ko na sana gawin ninyo kung ano ang
tama, kahit na parang hindi kami pumasa sa pagsubok.
8 Sapagka't hindi namin maaring gawin ang kahit anong
laban sa katotohanan, ngunit para lamang sa katotohanan.
9 Sapagkat kami ay nagagalak kung kami ay mahina at
kayo ay malakas. Dalangin din namin na kayo ay maging
ganap. 10 Sinulat ko ang mga bagay na ito habang ako
ay malayo sa inyo upang kung ako ay kasama na ninyo
hindi ko na kailangang maging malupit sa inyo. Ayaw kong
gamitin ang kapangyarihan na ibinigay sa akin ng Panginoon
upang pagtibayin kayo at hindi upang kayo ay sirain. 11 Sa
wakas, mga kapatid, kayo ay magalak! Gumawa para sa
panunumbalik, maging masigla, magkaisa kayo, mamuhay
ng may kapayapaan. At ang Diyos ng pag-ibig at kapayapaan
ay mapapasainyo. 12 Batiin ninyo ang isa't isa ng banal
na halik. 13 Lahat ng mananampalataya ay binabati kayo.
14 Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo, ang pag-
ibig ng Diyos at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay
sumainyo.

# Mga Galacia

1 Ako si Pablo na apostol. Hindi ako apostol na mula sa mga
tao o sa pamamagitan ng tao, ngunit sa pamamagitan ni
Jesu Cristo at ng Diyos Ama, na muling bumuhay sa kaniya
mula sa mga patay. 2 Kasama lahat ng mga kapatiran,
sumusulat ako sa mga iglesya ng Galacia. 3 Sumainyo ang
biyaya at kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama at sa
Panginoong Jesu-Cristo, 4 na nagbigay ng kaniyang sarili
alang-alang sa ating mga kasalanan upang mailigtas niya
tayo sa kasalukuyang makasalanang panahon, ayon sa
kalooban ng ating Diyos at Ama. (aiōn g165) 5 Sa kaniya ang
kaluwalhatian magpakailanman. (aiōn g165) 6 Nagtataka ako
na kayo ay mabilis na bumabaling sa ibang ebanghelyo.
Nagtataka ako na tumatalikod kayo sa kaniya na tumawag
sa inyo sa pamamagitan ng biyaya ni Cristo. 7 Walang ibang
ebanghelyo, ngunit may ilang mga tao na ginugulo kayo
at gustong ibahin ang ebanghelyo ni Cristo. 8 Ngunit kahit
kami o isang anghel mula sa langit ang magpahayag sa
inyo ng ebanghelyo na iba sa ipinahayag namin sa inyo,
dapat siyang sumpain. 9 Katulad ng sinabi namin noon,
ngayon sasabihin ko muli, “Kung may magpahayag sa inyo
ng ibang ebanghelyo maliban sa ebanghelyong tinanggap
ninyo, dapat siyang sumpain.” 10 Sapagkat hinahangad
ko ba ngayon ang pagsang-ayon ng mga tao o ng Diyos?
Hinahangad ko ba na magbigay-lugod sa mga tao? Kung
sinisikap ko paring magbigay-lugod sa mga tao, kung gayon
hindi ako isang lingkod ni Cristo. 11 Sapagkat nais kong
malaman ninyo, mga kapatid, na ang ebanghelyo na aking
ipinahayag ay hindi nanggaling sa mga tao lamang. 12 Hindi
ko ito tinanggap mula sa tao, hindi rin ito itinuro sa akin.
Sa halip, sa pamamagitan ng pahayag ni Jesu-Cristo sa
akin. 13 Narinig ninyo ang tungkol sa dati kong buhay sa
Judaismo, kung paano ko marahas na inuusig ang iglesiya
ng Diyos ng walang kapantay at winawasak ito. 14 Ako ay
nangunguna sa Judaismo nang higit sa maraming kapwa
ko Judio. Labis akong masigasig para sa mga kaugalian
ng aking mga ninuno. 15 Ngunit ikinalugod ng Diyos na
piliin ako mula pa sa sinapupunan ng aking ina. Tinawag
niya ako sa pamamagitan ng kaniyang biyaya 16 upang
ihayag ang kaniyang Anak sa akin, upang ipahayag ko siya
sa mga Gentil. Hindi ako kaagad sumangguni sa laman
at dugo at 17 hindi ako pumunta sa Jerusalem sa mga
naunang naging apostol kaysa sa akin. Sa halip pumunta
ako sa Arabia at pagkatapos ay bumalik ako sa Damasco.
18 At pagkatapos ng tatlong taon pumunta ako sa Jerusalem
upang dalawin si Cefas at nananatili ako sa kaniya ng labing
limang araw. 19 Ngunit wala akong nakitang ibang apostol
maliban kay Santiago na kapatid ng Panginoon. 20 Makinig
kayo, sa harapan ng Diyos, hindi ako nagsisinungaling sa
mga sinusulat ko sa inyo. 21 Pagkatapos, pumunta ako
sa rehiyon ng Siria at Cilicia. 22 Hindi pa ako nakikita ng
mga iglesiya sa Judea na nakay Cristo, 23 ngunit naririnig
lang nila na, “Ang taong umuusig sa atin noon, ngayon
ay nagpapahayag ng pananampalatayang winawasak niya
noon.” 24 Niluluwalhati nila ang Diyos dahil sa akin.

2 At pagkatapos ng labing-apat na taon muli akong pumunta
sa Jerusalem na kasama si Bernabe. Isinama ko din si
Tito. 2 Pumunta ako dahil ipinakita sa akin ng Diyos na
dapat akong pumunta. Inilahad ko sa kanila ang ebanghelyo
na aking ipinapahayag sa mga Gentil. (Ngunit nakipag-usap
ako nang sarilinan sa mga waring mga mahahalagang mga
pinuno). Ginawa ko ito upang tiyakin na hindi ako tumatakbo,
o tumakbo, ng walang kabuluhan. 3 Ngunit kahit si Tito, na
kasama ko, na isang Griego, ay hindi napilit na patuli. 4
Ang mga bagay na ito ay lumitaw dahil sa nagpapanggap
na mga kapatid na patagong dumating upang manmanan
ang kalayaang mayroon tayo kay Cristo Jesus. Nais nilang
maging alipin tayo sa kautusan. 5 Hindi kami nagpasakop
sa kanila ng kahit isang oras, upang ang katotohanan ng
ebanghelyo ay manatiling walang pababago para sa inyo. 6
Ngunit walang naiambag sa akin iyong mga sinasabi ng
iba na mga pinuno. Kung ano man sila ay hindi mahalaga
sa akin. Hindi tinatanggap ng Diyos ang itinatangi ng mga
tao. 7 Sa halip, nakita nila na ako ay pinagkatiwalaan na
ipahayag ang ebanghelyo sa mga hindi pa tuli. Tulad ni
Pedro na nagpapahayag ng ebanghelyo sa mga tuli. 8 Dahil
ang Diyos, na kumikilos kay Pedro sa pagiging apostol sa
mga tuli, ay kumilos din sa akin para sa mga Gentil. 9
Nang si Santiago, Cepas, at Juan, na kinikilalang nagtayo
ng iglesia, ay naunawaan ang biyaya na ibinigay sa akin,
ibinigay nila kay Bernabe at sa akin ang kanang kamay ng
pakikisama. Ginawa nila ito upang kami ay pumunta sa mga
Gentil, at upang pumunta sila sa mga tuli. 10 Nais din nilang
alalahanin namin ang mga mahihirap. Ako din ay nananabik
na gawin ang bagay na ito. 11 Ngayon noong dumating
si Cepas sa Antioquia, tinutulan ko siya ng harapan dahil
mali siya. 12 Bago pa dumating ang mga taong galing kay
Santiago, nakikisalo si Cefas sa mga Gentil. Ngunit nang
dumating ang mga taong ito, huminto siya at lumayo mula sa
mga Gentil. Natakot siya sa mga taong ito na nag-uutos ng
pagtutuli. 13 Ganoon din, ang ilang mga Judio ay nakisama
sa pagkukunwaring ito ni Cefas. Ang kinahinatnan, kahit si
Bernabe din ay nadala sa kanilang pagkukunwari. 14 Ngunit
noong nakita ko na hindi na sila sumusunod sa katotohanan
ng ebanghelyo, sinabi ko kay Cefas sa harapan nilang lahat,
“Kung ikaw ay Judio ngunit namumuhay sa paraan ng mga
Gentil sa halip na sa paraan ng Judio, paano mo mapipilit

ang mga Gentil na mamuhay tulad ng mga Judio?” 15
Kami na ipinanganak na Judio at hindi “makasalanang mga
Gentil”, 16 alam namin na walang sinuman ang pinawalang-
sala sa pamamagitan ng paggawa ng kautusan. Sa halip,
pinawalang-sala sila sa pamamagitan ng paniniwala kay
Cristo Jesus. Tayo ay nanampalataya kay Cristo Jesus
upang maaari tayong mapawalang-sala sa pamamagitan ng
paniniwala kay Cristo at hindi sa pamamagitan ng paggawa
ng kautusan. Sapagkat sa pammamagitan ng paggawa ng
kautusan, walang laman ang mapapawalang-sala. 17 Ngunit
kung hangarin natin na ipawalang-sala tayo ng Diyos sa
pamamagitan ni Cristo, makikita din natin ang ating mga sarili
na makasalanan, naging alipin ba si Cristo ng kasalanan?
Huwag nawa itong mangyari! 18 Sapagkat kung itatayo
ko muli ang aking pagtitiwala sa pagsunod ng kautusan,
ang pagtitiwala na aking sinira, ipinapakita ko ang aking
sarili na sumusuway sa kautusan. 19 Sa pamamagitan ng
kautusan, namatay ako sa kautusan, upang maaari akong
mabuhay para sa Diyos. 20 Naipako na ako sa krus kasama
ni Cristo. Hindi na ako ang nabubuhay, ngunit si Cristo na
ang nabubuhay sa akin, at ang buhay ngayon na aking
ikinabubuhay sa laman, ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan
ng pananampalataya sa Anak ng Diyos, na nagmamahal sa
akin at nagbigay ng kaniyang sarili para sa akin. 21 Hindi
ko ipinagwawalang-halaga ang biyaya ng Diyos, sapagkat
kung ang pagkamakatuwiran ay umiiral sa pamamagitan ng
kautusan, kung gayon si Cristo ay namatay nang walang
kabuluhan.

**3** Mga hangal na taga-Galacia, kaninong masamang mata
ang sumira sa inyo? Hindi ba inilarawan si Cristo na
napako sa krus sa inyong mga mata? 2 Gusto ko lang
malaman ito mula sa inyo. Natanggap ba ninyo ang Espiritu sa
pamamagitan ng pagsunod sa kautusan o sa pamamagitan
ng paniniwala sa inyong napakinggan? 3 Napakahangal
ba ninyo? Nagsimula ba kayo sa Espiritu upang magtapos
lamang sa laman? 4 Kayo ba ay nagdusa ng napakaraming
bagay ng walang kabuluhan, kung totoong ngang ang mga
ito ay walang kabuluhan? 5 Kung gayon, siya ba na nagbigay
ng Espiritu sa inyo at gumawa ng mga makapangyarihang
gawa sa inyo ginawa niya ba ito sa pamamagitan ng
paggawa sa kautusan o sa pamamagitan ng pakikinig na
may pananampalataya? 6 “Nanampalataya si Abraham sa
Diyos at ito'y ibinilang sa kaniya na katuwiran.” 7 Sa gayon
ding paraan, unawain ito, na ang mga nananampalataya
ay mga anak ni Abraham. 8 Noon pa man ay nakita na ng
kasulatan na ipapawalang-sala ng Diyos ang mga Gentil sa
pamamagitan ng pananampalataya. Ang ebangelyo noon
pa man ay ipinahayag na kay Abraham: “Dahil sa iyo ang
lahat ng bansa ay pagpapalain.” 9 Kaya nga, ang mga
may pananampalataya ay pinagpala kasama ni Abraham,
sila na may pananampalataya. 10 Sila na umasa sa mga
gawa ng kautusan ay nasa ilalim ng sumpa. Sapagkat
nasusulat, “Sinumpa ang sinumang hindi sumusunod sa
lahat ng nakasulat sa kautusan, upang gawin ang lahat
ng ito.” 11 Ngayon malinaw na walang sinuman ang
pinapawalang-sala ng Diyos sa pamamagitan ng kautusan,
sapagkat “Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan
ng pananampalataya.” 12 Ang kautusan ay hindi galing
sa pananampalataya, sa halip, “Ang mga gumagawa sa
mga bagay na ito na nasa kautusan ay mabubuhay sa
pamamagitan ng mga kautusan.” 13 Tinubos tayo ni Cristo
mula sa sumpa ng kautusan noong siya ay naging sumpa para
sa atin. Sapagkat nasusulat, “Sinumpa ang sinumang ibinitin
sa isang puno.” 14 Ang layunin ay upang ang pagpapala na
nakay Abraham ay dumating sa mga Gentil dahil kay Cristo
Jesus, upang sa ganoon ay matanggap natin ang pangako
ng Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya. 15 Mga
kapatid, magsasalita ako ayon sa pang-taong mga salita.
Maging ang pang-taong kasunduan na napagtibay na ay
walang makapagpapawalang-bisa nito o makapagdagdag
nito. 16 Ngayon, ang mga pangako ay sinabi kay Abraham
at sa kaniyang kaapu-apuhan. Hindi nito sinabi, “Sa mga
kaapu-apuhan,” na tumutukoy sa marami, kung hindi sa iisa
lang. “Sa iyong kaapu-apuhan,” na si Cristo. 17 At ngayon
sinasabi ko ito. Ang kautusan, na dumating pagkaraan ng
430 na taon, ay hindi pinawalang-bisa ang kasunduan na
noon ay pinagtibay ng Diyos. 18 Sapagkat kung ang pamana
ay dumating sa pamamagitan ng kautusan, hindi sana ito
dumating sa pamamagitan ng pangako. Ngunit malaya
itong ibinigay ng Diyos kay Abraham sa pamamagitan ng
pangako. 19 Kung ganoon, bakit ibinigay ang kautusan? Ito
ay idinagdag dahil sa mga paglabag, hanggang sa dumating
ang kaapu-apuhan ni Abraham sa mga taong pinangakuan.
Ang kautusan ay ipinatupad sa pamamagitan ng mga anghel
sa kamay ng tagapamagitan. 20 Ngayon ipinapahiwatig ng
tagapamagitan na may higit sa isang tao, subalit ang Diyos
ay iisa lamang. 21 Kung gayon ang kautusan ba ay laban
sa mga pangako ng Diyos? Hinding-hindi! Sapagkat kung
ang kautusan ay ibinigay at may kakayahang magbigay ng
buhay, tiyak na ang katuwiran ay dumating sa pamamagitan
ng kautusan. 22 Ngunit sa halip, ibinilanggo ng kasulatan
ang lahat ng bagay na nasa ilalim ng kasalanan. Ginawa
ito ng Diyos upang ang kaniyang pangako na iligtas tayo
sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo ay
maibigay sa kanila na sumampalataya. 23 Subalit bago ang
dumating ang pananampalataya kay Cristo, ibinilanggo tayo
at ikinulong ng kautusan hanggang sa kapahayagan ng
pananampalataya. 24 Kaya ang kautusan ay naging taga-

gabay natin hanggang si Cristo ay dumating, upang tayo ay
mapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya. 25
Ngayon na dumating na ang pananampalataya, wala na tayo
sa ilalim ng taga-gabay. 26 Sapagkat kayong lahat ay mga
anak ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay
Cristo Jesus. 27 Lahat kayo na nabautismuhan kay Cristo,
isinuot ninyo ang buhay ni Cristo na parang damit. 28 Walang
Judio o Griego, alipin o malaya, lalaki o babae, sapagkat
kayong lahat ay iisa kay Cristo Jesus. 29 Kung kayo ay
kay Cristo, kayo rin ay mga kaapu-apuhan ni Abraham,
tagapagmana ayon sa pangako.

4 Sinasabi ko na hanggang ang tagapagmana ay bata pa,
wala siyang pinagkaiba sa isang alipin, kahit na siya pa
ang nagmamay-ari ng buong lupain. 2 Sa halip, nasa ilalim
pa siya ng kaniyang mga tagapangalaga at mga katiwala
hanggang sa dumating ang panahon na itinakda ng kaniyang
ama. 3 Kaya ganoon din tayo, noong tayo ay mga bata pa,
sakop tayo ng pagkaalipin sa mga alituntunin ng daigdig.
4 Ngunit nang dumating ang takdang panahon, ipinadala
ng Diyos ang kaniyang Anak, ipinanganak ng isang babae,
ipinanganak sa ilalim ng kautusan. 5 Ginawa niya ito upang
tubusin ang mga nasa ilalim ng kautusan, upang matanggap
natin ang pagkukupkop bilang mga anak. 6 Dahil kayo ay
mga anak, ipinadala ng Diyos ang Espiritu ng kaniyang
Anak sa ating mga puso, ang Espiritu na tumatawag ng,
"Abba, Ama." 7 Sa kadahilanang ito, hindi na kayo mga
alipin kundi mga anak. Kung kayo ay mga anak, kaya
kayo rin ay tagapagmana sa pamamagitan ng Diyos. 8
Bago pa, nang hindi pa ninyo kilala ang Diyos, kayo ay
mga alipin sa mga bagay na likas na hindi talaga diyos.
9 Ngunit ngayon na kilala na ninyo ang Diyos, o higit na
mabuting sabihin, ngayon na kilala na kayo ng Diyos, bakit
kayo muling bumabalik sa mahina at walang silbing mga
pasimulang tuntunin? Gusto niyo bang maging mga alipi
muli? 10 Mahigpit ninyo ipinagdiriwang ang mga natatanging
araw, mga bagong buwan, mga panahon, at mga taon. 11
Natatakot ako para sa inyo. Natatakot ako na anumang
paraan ay naghirap ako sa inyo ng walang kabuluhan. 12
Nakikiusap ako sa inyo, mga kapatid, maging katulad ninyo
ako, sapagkat ako ay naging katulad rin ninyo. Wala kayong
ginawang mali sa akin. 13 Ngunit alam ninyo na dahil sa
sakit na pisikal kaya ko ipinahayag ang ebanghelyo sa inyo
sa unang pagkakataon. 14 Kahit na inilagay kayo ng aking
pisikal na kalagayan sa pagsubok, hindi ninyo ako hinamak
o tinanggihan. Sa halip tinanggap ninyo ako tulad ng anghel
ng Diyos, na para bang ako mismo si Cristo Jesus. 15
Saan, samakatuwid, na ngayon ang inyong kaligayahan?
Sapagkat aking pinatotohanan sa inyo na, kung maaari,
dinukot na ninyo ang inyong mga sariling mga mata at
ibinigay ang mga ito sa akin. 16 Kaya noon, naging kaaway
na ba ninyo ako dahil sinasabi ko ang katotohanan sa inyo?
17 Nagmamalasakit sila inyo, ngunit hindi sa ikabubuti. Gusto
nila kayong ihiwalay sa akin para sumunod kayo sa kanila.
18 Laging mabuti ang magmalasakit para sa mga mabubuting
dahilan, at hindi lang kung ako ay nariyan na kasama ninyo.
19 Maliliit kong mga Anak, ako ay nagdaranas muli ng sakit
tulad ng babaing nanganganak para sa inyo hanggang
si Cristo ay mabuo sa inyo. 20 Gusto kong nariyan ako
ngayon kasama ninyo at baguhin ang aking tono, dahil ako
ay naguguluhan tungkol sa inyo. 21 Sabihin ninyo sa akin,
kayo na gustong magpasailalim sa kautusan, hindi ba ninyo
narinig kung ano ang sinasabi ng kautusan? 22 Sapagkat
nasusulat na si Abraham ay nagkaroon ng dalawang anak,
ang isa ay sa aliping babae at ang isa ay sa malayang
babae. 23 Gayunpaman, ang anak ng alipin ay ipinanganak
sa laman, ngunit ang ipinanganak ng malayang babae ay
ipinanganak sa pamamagitan ng isang pangako. 24 Ang
mga bagay na ito ay maipapaliwanag gamit ang talinghaga,
sapagkat ang dalawang babaeng ito ay katulad ng dalawang
kasunduan. Ang isa sa kanila ay mula sa Bundok ng Sinai.
Ipinanganak niya ang kaniyang mga anak na mga alipin.
Ito ay si Hagar. 25 Ngayon ang Hagar ay Bundok ng Sinai
sa Arabia. Isinisimbolo niya ang kasalukuyang Jerusalem,
sapagkat siya ay nasa pagkaalipin kasama ng kaniyang mga
anak. 26 Ngunit ang Jerusalem na nasa taas ay malaya, iyon
ay, ang ating ina. 27 Sapagkat nasusulat, "Magalak ka, ikaw
na babaeng baog, ikaw na hindi nanganganak. Humiyaw ka
at sumigaw sa kagalakan, ikaw na hindi pa nakakaranas ng
panganganak. Sapagkat marami ang mga anak ng baog
na babae, higit pa sa kaniya na may asawa." 28 Ngayon,
mga kapatid, katulad ni Isaac, ay mga anak ng pangako. 29
Sa panahong iyon, siyang ipinanganak ayon sa laman ay
inuusig siyang ipinanganak ayon sa Espiritu. Ganoon din ito
ngayon. 30 Ano ang sinasabi ng kasulatan? "Palayasin mo
ang aliping babae at ang kaniyang anak. Sapagkat ang anak
ng aliping babae ay hindi kasamang magmamana sa anak
ng malayang babae." 31 Samakatuwid, mga kapatid, tayo ay
hindi mga anak ng isang aliping babae, ngunit, sa halip ng
isang malayang babae.

5 Para sa kalayaan kaya pinalaya tayo ni Cristo. Kaya
magpakatatag kayo at huwag kayong magpabitag muli sa
ilalim ng kapangyarihan ng pagkabihag. 2 Makinig kayo, ako
si Pablo, ay nagsasabi sa inyo na kung kayo ay magiging tuli,
walang kayong mapapakinabangan na anuman kay Cristo.
3 Muli, pinatotohanan ko sa bawat tao na tuli, na mapipilitan
kayong sundin ang buong kautusan. 4 Nahiwalay kayo kay
Cristo, kayong lahat na "pinawalang sala" sa pamamagitan
ng kautusan. Lamayo kayo mula sa biyaya. 5 Sapagkat sa

pamamagitan ng Espiritu, sa pananampalataya, naghihintay
tayo sa pag-asang tayo ay magiging matuwid. **6** Hindi
mahalaga kay Cristo ang pagtutuli. Ang pananampalataya
lamang na gumagawa sa pamamagitan pag-ibig ang may
halaga. **7** Maganda ang pagtakbo ninyo noon. Sino ang
pumipigil sa inyo sa pagtupad sa katotohanan? **8** Ang
paghikayat na gawin iyan ay hindi galing sa kaniya na
tumawag sa inyo. **9** Ang kaunting lebadura ay nakakaapekto
sa buong minasang harina. **10** May pananalig ako sa inyo sa
Panginoon na hindi kayo mag-iisip ng kung ano pa man.
Siya na nagdudulot ng kalituhan sa inyo ay magdadala ng
kaniyang sariling hatol, sinuman siya. **11** Mga kapatid, kung
ipinahahayag ko parin ang pagtutuli, bakit inuusig parin ako?
Kung ganoon nawasak na ang katitisuran ng krus. **12** Nais
ko sana na ang mga nangligaw sa inyo ay kapunin nila ang
mga sarili nila. **13** Sapagkat tinawag kayo ng Diyos, mga
kapatid, sa kalayaan. Lamang ay huwag ninyong gamitin
ang iyong kalayaan bilang pagkakataon para sa laman. Sa
halip sa pamamagitan ng pag-ibig paglingkuran ninyo ang
bawat isa. **14** Sapagkat ang buong kautusan ay natupad
sa isang utos; na “Dapat mong mahalin ang iyong kapwa
gaya ng iyong sarili.” **15** Ngunit kung magkakagatan at
magsasakmalan kayo, tingnan ninyo na hindi ninyo sinisira
ang isa't isa. **16** Sinasabi ko na, lumakad kayo sa Espiritu,
at hindi ninyo matutupad ang hilig ng laman. **17** Sapagkat
malakas ang nasa ng laman laban sa Espiritu, at ang Espiritu
ay may malakas na nasa laban sa laman. Sapagkat ang
mga ito ay laban sa isa't isa. Ang kinahinatnan ay hindi ninyo
ginawa ang mga bagay ninais ninyong gawin. **18** Ngunit
kung ang Espiritu ang nangunguna sa inyo, wala na kayo sa
ilalim ng kautusan. **19** Ngayon ang mga gawa ng laman
ay nakikita. Ang mga ito ay ang sekswal na imoralidad,
kalaswaan, kahalayan, **20** pagsamba sa mga diyus- diyosan,
pangkukulam, pagkapoot, pag-aalitan, paninibugho, silkbo
ng galit, pagkakatunggali, pagtatalo, pagkakahiwahiwalay sa
mga sekta, **21** pagka-inggit, paglalasing, kaguluhan ng dahil
sa paglalasing, at iba pang mga katulad nito. Binabalaan
ko kayo, tulad ng pagbabala ko sa inyo noon, na ang
gumagawa ng mga ito ay hindi magmamana ng kaharian
ng Diyos. **22** Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig,
kagalakan, kapayapaan, katiyagaan, kabutihan, kabaitan,
pananampalataya, **23** pagkamahinahon, at pagpipigil sa
sarili. Walang batas laban sa mga ito. **24** Sila na nakay Cristo
Jesus ay ipinako ang laman na kasama ang silakbo nito at
masamang mga pagnanasa. **25** Kung tayo ay nabubuhay
sa pamamagitan ng Espiritu, tayo rin naman ay lumakad
sa pamamagitan ng Espiritu. **26** Huwag tayong maging
mapagpahalaga sa sarili, galitin ang isa't isa o mainggit sa
isa't isa.

**6** Mga kapatid, kung ang isang tao ay nahuli sa
ilang pagkakasala, kayo na espiritwal ang dapat
magpanumbalik sa taong iyon sa espiritu ng kahinahunan.
Bantayan ninyo ang inyong sarili, upang hindi kayo matukso.
**2** Buhatin ninyo ang pasanin ng bawat isa, at nang sa gayon
ay matupad ninyo ang kautusan ni Cristo. **3** Sapagkat
kung sinuman ang nag-iisip na siya ay mahalaga gayong
wala siyang halaga, nililinlang niya ang kaniyang sarili. **4**
Dapat suriin ng bawat isa ang kaniyang sariling gawa. At sa
ganun mayroon na siyang maipagmayabang sa kaniyang
sarili, na hindi kailangang ihambing pa ang kaniyang sarili
sa iba. **5** Sapagkat bubuhatin ng bawat isa ang kaniyang
sariling pasanin. **6** Ang taong tinuruan ng salita ay dapat
ibahagi ang lahat na mabuting bagay sa guro. **7** Huwag
magpalinlang. Hindi madadaya ang Diyos. Anuman ang
itinanim ng tao, iyon din ang kaniyang aanihin. **8** Sapagkat
siya na nagtanim ng butil sa kaniyang likas na kasamaan ay
aani din ng kapahamakan, ngunit siya na nagtanim ng butil
ng Espiritu, ay aani ng buhay na walang hanggan na galing
sa Espiritu. **(aiōnios g166)** **9** Hindi tayo dapat mapagod sa
paggawa ng mabuti, dahil sa takdang panahon magkakaroon
tayo ng ani kung hindi tayo susuko. **10** Kaya nga, kung
magroon tayong pagkakataon, gumawa tayo ng mabuti
sa bawat isa. Magsigawa tayo ng mabuti lalo na sa mga
nasa sambahayan ng pananampalataya. **11** Tingnan ninyo
kung gaano kalalaking mga titik ang isinulat ko sa inyo
sa aking sariling sulat-kamay. **12** Silang naghahangad na
makapagbigay kaluguran sa laman ang pumipilit sa inyo na
magpatuli. Ginagawa lang nila ito upang hindi sila usigin
tungkol sa krus ni Cristo. **13** Sapagkat maging ang mga
tuli ay hindi sinusunod ang kautusan. Sa halip, nais nila
kayong matuli upang maipagmalaki nila ang patungkol sa
inyong laman. **14** Hindi sana mangyari na ako ay magmalaki
maliban lang sa krus ng ating Panginoong Jesu- Cristo. Sa
pamamagitan niya ang sanlibutan ay napako sa krus sa akin
at ako ay sa sanlibutan. **15** Sapagkat hindi mahalaga ang
pagtutuli o hindi pagtutuli. Sa halip, ang bagong nilalang
ang mahalaga. **16** Sa lahat ng mga nabubuhay sa ganitong
patakaran, sumakanila nawa ang biyaya at awa, at ganun
din sa Israel ng Diyos. **17** Mula ngayon wala ng manggugulo
sa akin, sapagkat dala-dala ko ang mga marka ni Cristo sa
aking katawan. **18** Nawa ang biyaya ng ating Panginoong
Jesu-Cristo ay sumainyo, mga kapatid. Amen.

# Mga Efeso

**1** Ako si Pablo na Apostol ni Cristo ayon sa kalooban ng Diyos, para sa mga binukod sa Diyos na mga nasa Efeso at mga tapat kay Cristo Jesus. **2** Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo. **3** Mapapurihan nawa ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Pinagpala niya tayo ng bawat pagpapalang espirituwal kay Cristo sa kalangitan. **4** Bago likhain ang sanlibutan, pinili na tayo ng Diyos na mga mananampalataya kay Cristo. Pinili niya tayo upang tayo ay maging banal at walang kapintasan sa kaniyang paningin. **5** Dahil sa pag-ibig itinalaga tayo ng Diyos upang ampunin bilang kaniyang sariling mga anak sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Ginawa niya ito sapagkat nasiyahan siyang gawin ang kaniyang nais. **6** Ang naging resulta ay napapurihan ang Diyos sa kaniyang kamangha-manghang biyaya. Kusang loob niya itong ibinigay sa atin sa pamamagitan ng kaniyang pinakamamahal na anak. **7** Sapagkat sa kaniyang pinakamamahal na anak, nagkaroon tayo ng katubusan sa pamamagitan ng kaniyang dugo, ang kapatawaran ng mga kasalanan. Nagkaroon tayo nito dahil sa yaman ng kaniyang biyaya. **8** Ginawa niyang masagana ang kaniyang biyaya para sa atin nang buong karunungan at kaalamann. **9** Ipinaalam sa atin ng Diyos ang hiwaga ng kaniyang kalooban, ayon sa kaniyang nais na kaniyang ipinakita kay Cristo. **10** Kapag naganap na ang panahon para sa kaniyang kalooban, sama-samang dadalhin ng Diyos ang lahat ng mga bagay sa langit at sa lupa kay Cristo. **11** Pinili tayo kay Cristo at napagpasyahan noon pa man. Ito ay ayon sa kalooban ng gumawa ng lahat ng bagay sa pamamagitan ng layunin ng kaniyang kalooban. **12** Ginawa ito ng Diyos upang tayo ay mamuhay sa pagpuri ng kaniyang kaluwalhatian. Tayo ang nauna na nagkaroon ng tiwala kay Cristo. **13** Dahil kay Cristo kaya napakinggan din ninyo ang salita ng katotohanan, ang ebanghelyo ng inyong kaligtasan sa pamamagitan ni Cristo. Dahil sa kaniya kayo rin ay nanampalataya at tinatakan sa pinangakong Banal na Espiritu. **14** Ang Espiritu ang katibayan ng ating pamana hanggang sa makamtan ang pangako. Para ito sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian. **15** Dahil dito, mula noong panahon na napakinggan ko ang tungkol sa inyong pananampalataya sa Panginoong Jesus at tungkol sa inyong pag-ibig sa mga binukod para sa kaniya, **16** Hindi ako tumigil sa pagpapasalamat sa Diyos tungkol sa inyo at pagbanggit sa inyo sa aking mga panalangin. **17** Ipinapanalangin ko na ang Diyos ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang Ama ng kaluwalhatian, ay magbigay sa inyo ng espiritu ng karunungan at kapahayagan ng kaniyang kaalaman. **18** Ipinapanalangin ko na ang mga mata ng inyong puso ay maliwanagan upang malaman ninyo kung ano ang inaasahan ng ating pagkakatawag. Ipinapanalangin ko na malaman ninyo ang yaman ng kaluwalhatian ng kaniyang pamana sa kanila na binukod para sa kaniya. **19** Ipinapanalangin ko na malaman ninyo ang hindi masukat na kadakilaan ng kaniyang kapangyarihan sa atin na mga nanampalataya. Ang kadakilaang ito ay ayon sa pagkilos sa kalakasan ng kaniyang kapangyarihan. **20** Ito ang kapangyarihan na kumilos kay Cristo noong siya ay binuhay ng Diyos mula sa mga patay at pinaupo siya sa kaniyang kanang kamay sa kalangitan. **21** Pinaupo niya si Cristo na pinakamataas sa lahat ng kapamahalaan, kapangyarihan, pamunuan, at bawat pangalan na pinangalanan. Pinaupo niya si Cristo hindi lamang sa panahong ito, kundi maging sa panahong darating. **(aiōn g165)** **22** Pinailalim ng Dios ang lahat sa paanan ni Cristo. Ginawa niya siyang ulo sa lahat ng nasa iglesia. **23** Ang iglesiya ay ang kaniyang katawan, ang kapuspusan niya na pumupuno sa lahat ng mga bagay sa lahat ng mga kaparaanan.

**2** Para sa inyo, kayo ay mga patay sa inyong mga pagkakasala at mga kasalanan. **2** Sa ganito rin kayo minsang lumakad ayon sa panahon ng mundong ito. Lumalakad kayo ayon sa kapangyarihan ng namumuno sa hangin. Ito ang kaniyang espiritu na gumagawa sa mga anak ng pagsuway. **(aiōn g165)** **3** Tayong lahat ay minsan ding naging katulad ng mga hindi mananampalataya. Gumagawa tayo ayon sa mga masasamang nasa ng ating laman. Ginagawa natin ang kagustuhan ng laman at ng isip. Likas tayong mga anak ng poot katulad ng iba. **4** Ngunit sagana ang Diyos sa habag dahil sa kaniyang dakilang pagmamahal kung saan minahal niya tayo. **5** Habang tayo ay patay sa pagkakasala, dinala niya tayo sa bagong buhay kay Cristo. Naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. **6** Magkakasama tayong binuhay ng Diyos at magkakasama tayong pinaupo ni Cristo Jesus sa kalangitan. **7** Ginawa niya ito upang sa darating na panahon, maipakita niya sa atin ang kaniyang dakila at masaganang biyaya. Ipinakita niya ito sa atin sa pamamagitan ng kaniyang kabutihan kay Cristo Jesus. **(aiōn g165)** **8** Sapagkat sa biyaya kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya. At hindi ito nagmula sa amin, kaloob ito ng Diyos. **9** Hindi ito dahil sa mga gawa. Bilang resulta, walang sinuman ang maaaring magmalaki. **10** Sapagkat tayo ay ginawa ng Diyos, nilikha kay Cristo Jesus upang gumawa ng mga mabubuting gawa. Ito ang mga gawa na matagal ng binalak ng Diyos para sa atin, upang makalakad tayo sa mga ito. **11** Kaya tandaan ninyo na minsan kayo ay naging mga Gentil sa laman. Tinawag kayong “di tuli” sa tinatawag na pagtutuli

sa laman na ginawa sa pamamagitan ng kamay ng mga
tao. 12 Sapagkat hiwalay kayo kay Cristo sa panahong
iyon. Kayo ay mga dayuhan sa mga taga-Israel. Hindi kayo
kilala sa tipan ng pangako. Wala kayong katiyakan tungkol
sa hinaharap. Wala kayong Diyos sa mundo. 13 Ngunit
ngayon kay Cristo Jesus, kayong minsan na napalayo mula
sa Diyos ay nailapit sa Diyos sa pamamagitan ng dugo ni
Cristo. 14 Sapagkat siya ang ating kapayapaan. Ginawa
niyang isa ang dalawa. Sa pamamagitan ng kaniyang laman
sinira niya ang pader ng pagkakabaha-bahagi na humati
sa atin, ang poot. 15 Binuwag niya ang mga batas ng
kautusan at mga alituntunin upang maaari siyang makalikha
sa kaniyang sarili ng isang bagong tao. Gumawa siya ng
kapayapaan. 16 Ginawa niya ito upang ipagkasundo ang
dalawa sa iisang katawan sa Diyos sa pamamagitan ng
krus. Sa krus inilagay niya sa kamatayan ang poot. 17
Dumating si Jesus at nagpahayag ng kapayapaan sa inyo na
mga nasa malayo at kapayapaan sa mga nasa malapit. 18
Sapagkat sa pamamagitan ni Jesus mayroon tayo parehong
daan sa iisang Espiritu patungo sa Ama. 19 Kaya ngayon
kayong mga Gentil hindi na kayo mga dayuhan at hindi
kilala. Sa halip kayo ay mga kapwa mamamayan kasama
ng mga pinili para sa Diyos at mga kasapi ng sambahayan
ng Diyos. 20 Itinayo kayo sa pundasyon ng mga apostol at
mga propeta. Si Cristo Jesus ang batong panulukan. 21 Sa
kaniya nagkakaugnay-ugnay ang buong gusali at lumalago
bilang isang templo sa Panginoon. 22 Dahil sa kaniya kaya
kayo din ay magkakasamang itinayo bilang isang tahanan
para sa Diyos sa Espiritu.

**3** Dahil dito, akong si Pablo ay bilanggo ni Cristo Jesus
alang-alang sa inyo mga Gentil. 2 Marahil narinig na
ninyo ang gawain tungkol sa biyaya ng Diyos na binigay niya
sa akin para sa inyo. 3 Nagsusulat ako ayon sa pahayag na
ipinaalam sa akin. Ito ang nakatagong katotohanan na sinulat
ko ng bahagya sa isa ko pang sulat. 4 Kung mababasa ninyo
ang tungkol dito, maiintindihan ninyo ang aking pagkaunawa
sa nakatagong katotohanan patungkol kay Cristo. 5 Sa
ibang mga salinlahi hindi ipinaalam ang katotohanang ito
sa sangkatauhan. Ngunit ngayon ipinahayag ito ng Espiritu
sa kaniyang mga banal na mga apostol at propeta. 6
Ang nakatagong katotohanang ito ay ang mga Gentil ay
kabahagi at kaanib ng katawan. Kabahagi sila sa pangako
kay Cristo Jesus sa pamamagitan ng ebanghelyo. 7 Dahil
dito naging lingkod ako sa pamamagitan ng biyayang kaloob
ng Diyos na ibinigay sa akin sa pamamagitan ng pagkilos ng
kaniyang kapangyarihan. 8 Ibinigay ng Diyos ang kaloob na
ito sa akin, kahit na ako ang pinakahamak sa mga pinili ng
Diyos. Ang kaloob na ito ay dapat kong ipahayag sa mga
Gentil ang ebanghelyo ng hindi masukat na kayamanan ni
Cristo. 9 Kailangan kong paliwanagan ang lahat ng mga
tao patungkol sa lihim na plano ng Diyos. Ito ang plano na
nilihim ng Diyos na lumikha ng lahat ng bagay noong una
pang panahon. **(aiōn g165)** 10 Ito ay upang sa pamamagitan
ng iglesia, ang mga tagapamuno at mga may kapangyarihan
sa kalangitan ay malaman ang maraming panig ng katangian
ng karunungan ng Diyos. 11 Mangyayari ito ayon sa walang
hanggang plano na tinupad niya kay Cristo Jesus na ating
Panginoon. **(aiōn g165)** 12 Sapagkat dahil kay Cristo mayroon
tayong lakas ng loob at kakayahang makalapit sa kaniya
nang may tiwala dahil sa ating pananampalataya sa kanya.
13 Kaya hinihingi ko sa inyo na huwag kayong panghinaan
ng loob dahil sa aking mga pagdurusa para sa inyo. Ito ang
inyong karangalan. 14 Dahil dito lumuluhod ako sa Ama,
15 kung saan nagmula ang bawat pamilya sa langit at sa
lupa. 16 Ipinapanalangin ko na pagkalooban kayo ayon sa
kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian, na mapalakas kayo
ng kapangyarihan sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu
na nasa inyo. 17 Ipinapanalangin ko na manahan si Cristo
sa mga puso ninyo sa pamamagitan ng pananampalataya.
Ipinapanalangin ko na mag-ugat at maging matatag kayo sa
kaniyang pag-ibig. 18 Nawa nasa pag-ibig niya kayo upang
maunawaan ninyo, kasama ng lahat ng nananampalataya,
kung gaano kalawak, kahaba, kataas at kalalim ang pag-
ibig ni Cristo. 19 Ipinapanalangin ko na malaman niyo kung
gaano kalaki ang pag-ibig ni Cristo na higit sa kaalaman.
Nawa gawin ninyo ito upang mapuno kayo ng kapuspusan
ng Diyos. 20 Ngayon sa kaniya na kayang gumawa ng
lahat, higit pa sa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa
kaniyang kapangyarihan na kumikilos sa atin, 21 sa kaniya
ang kaluwalhatian sa iglesia at kay Cristo Jesus sa lahat ng
mga salinlahi magpakailan man. Amen. **(aiōn g165)**

**4** Kaya, bilang bilanggo sa Panginoon, nakikiusap ako sa
inyo na lumakad kayo ng karapat-dapat sa pagkatawag
sa inyo ng Diyos. 2 Mamuhay kayo nang may buong
pagpapakumbaba at pagkamahinahon at katiyagaan.
Tanggapin ninyo nang may pagmamahal ang bawat isa. 3
Pagsikapan ninyong manatili ang pagkakaisa sa Espiritu
sa bigkis ng kapayapaan. 4 May iisang katawan at iisang
Espiritu, katulad din nang pagtawag sa inyo sa iisang
pananalig na inaasahan ng iyong pagkatawag. 5 At may
iisang Panginoon, iisang pananampalataya, iisang bautismo,
6 at iisang Diyos at Ama ng lahat. Siya ay higit sa lahat at
kumikilos sa lahat at nananatili sa lahat. 7 Binigyan ang
bawat-isa sa atin ng kaloob ayon sa sukat ng kaloob ni
Cristo. 8 Katulad ng sinabi sa kasulatan: “Noong umakyat
siya sa itaas, dinala niya ang mga bihag sa pagkabihag.
Nagbigay siya ng mga kaloob sa mga tao.” 9 Ano ang
kahulugan ng “Umakyat siya,” maliban nalang kung bumaba

rin siya sa kailaliman ng mundo? 10 Siya na bumaba ay siya
ring umakyat sa ibabaw ng buong kalangitan. Ginawa niya
ito upang maaari niyang punuin ang lahat ng mga bagay.
11 Nagbigay si Cristo ng mga kaloob katulad ng mga ito:
pagka- apostol, pagka-propeta, pagka-ebanghelista, pagka-
pastor at pagka-guro. 12 Ginawa niya ito upang ihanda ang
mga mananampalataya sa paglilingkod at sa ikatitibay ng
katawan ni Cristo. Ginagawa niya ito hanggang sa maabot
natin ang pagkakaisa sa pananampalataya at kaalaman sa
Anak ng Diyos. 13 Ginagawa niya ito hanggang sa maging
ganap tayo na katulad ni Cristo. 14 Upang hindi na tayo
maging tulad ng mga bata. Upang hindi na tayo maligaw.
Upang hindi na tayo madala palayo sa bawat hangin ng
katuruan, sa pandaraya ng mga tao sa pamamagitan ng
matalas na pag-iisip ng kamalian at panlilinlang. 15 Sa halip,
sabihin natin ang katotohanan na may pag-ibig at lumago
sa lahat ng paraan sa kaniya na ulo, si Cristo. 16 Pinag-
ugnay ni Cristo ang buong katawan ng mananampalataya.
Hinahawakan ito sa pamamagitan ng umaalalay na litid
upang ang buong katawan ay lumago at tumibay sa pag-
ibig. 17 Kaya, sinasabi ko ito, at pinapayuhan ko kayo sa
Panginoon: huwag na kayong lumakad na katulad ng mga
Gentil na lumalakad sa karumihan ng kanilang mga isipan.
18 Masama ang kanilang pag-iisip. Napalayo sila sa buhay
na nasa Diyos dahil sa kamangmangan na nasa kanila
dahil sa pagmamatigas ng kanilang mga puso. 19 Hindi sila
nakakaramdam ng kahihiyan. Ibinigay nila ang kanilang mga
sarili sa kahalayan sa malalaswang mga gawa, sa lahat
ng uri ng kalabisan. 20 Ngunit hindi ganito ang natutunan
ninyo patungkol kay Cristo. 21 Iniisip kong narinig na ninyo
ang patungkol sa kaniya. Iniisip kong naturuan na kayo
patungkol sa kaniya, dahil na kay Jesus ang katotohanan.
22 Dapat ninyong hubarin ang naaayon sa dati ninyong
gawain, ang dating pagkatao. Ito ay ang dating pagkatao na
nabubulok dahil sa mapanlinlang na pagnanasa. 23 Hubarin
ninyo ang dating pagkatao upang mabago ang espiritu ng
inyong pag-iisip. 24 Gawin ninyo ito upang maisuot ninyo
ang bagong pagkatao, na naaayon sa Diyos. Nilikha ito
sa katuwiran at kabanalan ng katotohanan. 25 Kaya nga
alisin ninyo ang kasinungalingan. “Magsalita ng katotohanan,
ang bawat isa sa kaniyang kapwa,” sapagkat kabahagi
tayo ng bawat isa. 26 “Magalit kayo, ngunit huwag kayong
magkasala.” Huwag ninyong hayaan na lumubog ang araw
sa inyong galit. 27 Huwag mong bigyan ng pagkakataon ang
diyablo. 28 Sino man ang nagnanakaw ay hindi na dapat
magnakaw. Sa halip, kailangan niyang magpagal. Kailangan
niyang magtrabaho gamit ang kaniyang mga kamay, upang
makatulong sa tao na nangangailangan. 29 Dapat walang
lalabas na masamang salita sa inyong bibig. Sa halip, dapat
mga salitang may pakinabang ang lalabas sa inyong bibig,
upang magbigay ng pakinabang sa mga nakikinig. 30 At
huwag ninyong bigyan ng kalungkutan ang Banal na Espiritu
ng Diyos. Dahil sa kaniya kayo ay tinatakan para sa araw
ng katubusan. 31 Dapat ninyong alisin ang lahat ng sama
ng loob, poot, galit, pagtatalo, at pang-iinsulto, kasama
ang lahat ng uri ng kasamaan. 32 Maging mabuti sa isa't-
isa. Maging mahabagin. Patawarin ang isa't-isa, katulad ng
pagpapatawad sa inyo ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo.

5 Kaya tularan ninyo ang Diyos, bilang kaniyang mga
minamahal na anak. 2 At lumakad sa pag-ibig, katulad ng
pagmamahal ni Cristo sa atin at pagbigay ng kaniyang sarili sa
atin. Siya ay naging alay at handog na naging kalugod-lugod
sa Diyos. 3 Ang sekswal na imoralidad o ano mang karumihan
o mapag-imbot na kaisipan ay hindi dapat nababanggit
sa inyo, gaya ng nararapat sa mga mananampalataya. 4
Hindi rin dapat mabangit ang kalaswaan, walang kabuluhang
pananalita, o mga pagbibirong nakakainsulto. Sa halip
pagpapasalamat. 5 Sapagkat matitiyak ninyo na walang
nakikiapid, marumi, o sakim na tao, na sumasamba sa diyus-
diyosan ang magkaroon ng kahit na anong mamanahin sa
kaharian ni Cristo at ng Dios. 6 Huwag hayaang may tao na
manlinlang sa inyo ng mga salitang walang laman. Dahil sa
mga bagay na ito ang galit ng Diyos ay darating sa mga
anak ng pagsuway. 7 Kaya huwag kayong makibahagi sa
kanila. 8 Sapagkat noon kayo ay kadiliman, ngunit ngayon
kayo ay kaliwanagan sa Panginoon. Kaya lumakad kayo
bilang mga anak ng liwanag. 9 Sapagkat ang bunga ng
liwanag ay napapalooban ng lahat ng kabutihan, katuwiran,
at katotohanan. 10 Pag-aralan ninyo kung ano ang kalugod-
lugod sa Panginoon. 11 Huwag makibahagi sa mga walang
kabuluhang gawain ng kadiliman. Sa halip, ihayag iyon.
12 Sapagkat ang mga ginagawa nila ng lihim ay labis na
kahiya-hiya maging ang paglalarawan nito. 13 Lahat ng mga
bagay, kapag ito ay naihayag sa liwanag ay nabubunyag.
14 Sapagkat ang lahat na naihayag ay nagiging liwanag.
Kaya sinasabi, “Gumising, kayo mga natutulog at bumangon
mula sa mga patay at magliliwanag sa inyo si Cristo.” 15
Kaya mag-ingat kayo kung paano kayo lumakad, hindi
tulad ng mangmang na mga tao kundi katulad ng matalino.
16 Samantalahin ninyo ang panahon sapagkat ang mga
araw ay masama. 17 Huwag kayong maging hangal. Sa
halip, unawain kung ano ang kalooban ng Panginoon. 18 At
huwag magpakalasing sa alak, sapagkat hahantong ito sa
pagkasira. Sa halip, mapuspos kayo ng Banal na Espiritu. 19
Mangusap kayo sa isat-isa sa mga salmo at mga himno at
mga espiritwal na mga awitin. Umawit at magpuri sa inyong
mga puso sa Panginoon. 20 Magpasalamat lagi sa Diyos
Ama sa lahat ng bagay sa pangalan ng ating Panginoong

Jesu-Cristo. **21** Magpasakop kayo sa isa't isa tanda ng paggalang kay Cristo. **22** Mga asawang babae, magpasakop kayo sa inyong mga asawa, gaya sa Panginoon. **23** Sapagkat ang asawang lalaki ang ulo ng babae, tulad ni Cristo na siyang ulo ng Iglesia. Siya ang tagapagligtas ng katawan. **24** Ngunit kung papaanong ang Iglesia ay nagpapasakop kay Cristo, gayon din naman ang mga asawang babae sa kanilang mga asawa sa lahat ng bagay. **25** Mga asawang lalaki ibigin ninyo ang inyong mga asawa katulad din ng pagmamahal ni Cristo sa Iglesia at ibinigay ang kaniyang sarili sa kanya. **26** Ginawa niya ito upang gawin siyang banal. Nilinis niya ito sa pamamagitan ng paghugas ng tubig sa salita. **27** Ginawa niya ito upang maiharap sa kaniya ang isang maluwalhati na Iglesia na walang dungis o kulubot o ano mang katulad nito, ngunit sa halip banal at walang kamalian. **28** Gayon din naman, ang mga asawang lalaki ay kailangang mahalin ang kanilang sariling asawa katulad ng sarili nilang katawan. Ang nagmamahal sa kaniyang sariling asawa ay nagmamahal din sa Kaniyang sarili. **29** Walang tao ang nagagalit sa kaniyang sariling katawan. Sa halip, inaalagaan niya ito at minamahal katulad ng pagmamahal ni Cristo sa iglesia. **30** Sapagkat tayo ay mga bahagi ng kaniyang katawan. **31** Dahil dito iiwan ng lalaki ang kaniyang ama at ina at makikiisa sa kaniyang asawa at ang dalawa ay magiging isang laman." **32** Ito ay nakatagong dakilang katotohanan, subalit ako ay nagsasalita patungkol kay Cristo at sa iglesia. **33** Gayon pa man, ang bawat isa sa inyo ay kinakailangang mahalin ang kaniyang sariling asawa tulad ng kaniyang sarili, at ang asawang babae ay kinakailangang igalang ang kaniyang asawa.

**6** Mga anak, sundin ninyo ang inyong mga magulang sa Panginoon, sapagkat ito ang tama. **2** "Igalang mo ang inyong ama at ina" (na siyang unang kautusan na may pangako), **3** "upang maaari itong maging mabuti sa inyo at maaaring mabuhay kayo ng mahaba dito sa mundo." **4** At kayo mga ama, huwag ninyong sulsulan ang inyong mga anak sa galit. Sa halip, palakihin sila na may disiplina at katuruan ng Panginoon. **5** Mga alipin, maging masunurin kayo sa inyong mga panginoon sa lupa na may kasamang malalim na paggalang at pagkatakot, sa katapatan ng inyong mga puso. Maging masunurin sa kanila katulad ng pagsunod ninyo kay Cristo. **6** Maging masunurin hindi lamang tuwing nakatingin ang inyong mga panginoon para lang malugod sila. Sa halip, maging masunurin kayo gaya ng alipin ni Cristo. Gawin ninyo ang kalooban ng Diyos mula sa inyong puso. **7** Maglingkod kayo ng buong puso, na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa mga tao. **8** Dapat ninyong malaman na anumang mabuting gawa ang ginagawa ng bawat tao, makakatanggap siya ng gantimpala mula sa Panginoon, alipin man siya o malaya. **9** At kayo mga amo, gawin ninyo rin ang ganoong bagay sa inyong mga alipin. Huwag ninyo silang pagbantaan. Alam ninyo na ang Amo nila at ninyo ay parehong nasa langit. Alam ninyo na wala siyang tinatangi. **10** Sa wakas, magpakatatag kayo sa Panginoon at sa kalakasan ng kaniyang kapangyarihan. **11** Isuot ninyo ang buong baluti ng Diyos, upang sa ganoon maaari ninyong malabanan ang mga mapanlinlang na mga balak ng diablo. **12** Sapagkat ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo. Sa halip, ito ay laban sa pamahalaan at kapangyarihang espiritwal at mga tagapamahala ng kaharian ng masamang kadiliman, laban sa mga masasamang espiritu sa kalangitan. **(aiōn g165)** **13** Kaya isuot ninyo ang buong baluti ng Diyos upang manatili kayong matatag laban sa masama sa panahong ito ng kasamaan. Pagkatapos ninyong gawin ang lahat ng bagay, magiging matatag kayo. **14** Kaya nga magpakatatag kayo. Gawin ninyo ito pagkatapos ninyong maisuot ang sinturon ng katotohanan at maisuot sa dibdib ang baluti ng katuwiran. **15** Gawin ninyo ito pagkatapos ninyong mailagay sa inyong mga paa ang kahandaan sa pagpapahayag ng ebanghelyo ng kapayapaan. **16** Sa lahat ng kalagayan kunin ang kalasag ng pananampalataya, kung saan tutupukin ang lahat ng naglalagablab na pana ng masama. **17** At kunin ninyo ang helmet ng kaligtasan at ang espada ng Espiritu, ang salita ng Diyos. **18** Manalangin kayo sa lahat ng oras ng may panalangin at paghingi. Magbantay kayong lagi ng may buong pagtitiyaga at panalangin para sa lahat ng mga mananampalataya. **19** At ipanalangin ninyo ako na maibigay sa akin ang mensahe kapag binukas ko ang aking bibig. Ipanalangin ninyo na maipaalam ko nang may katapangan ang nakatagong katotohanan tungkol sa ebanghelyo. **20** Para ito sa ebanghelyo kaya ako kinatawan na naka-tanikala, upang sa ganito makapagsalita ako nang may katapangan kung ano ang nararapat kong sabihin. **21** Ngunit upang inyo ding malaman ang aking mga ginagawa at kung ano ang kalagayan ko, si Tiquico, ang minamahal na kapatid at tapat na alipin sa Panginoon ang magpapaunawa sa inyo ng lahat. **22** Pinadala ko siya sa inyo para sa layuning ito, upang malaman ninyo ang mga bagay tungkol sa amin, at upang maaliw niya ang inyong mga puso. **23** Mapasainyo nawa mga kapatid ang kapayapaan, at pag-ibig na may kasamang pananampalataya mula sa Diyos Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo. **24** Mapasainyo nawa ang biyaya sa mga nagmamahal sa ating Panginoong Jesu-Cristo na may pag-ibig na hindi kumukupas.

# Mga Filipos

1 Mula kina Pablo at Timoteo, mga lingkod ni Cristo
Jesus, sa lahat ng mga nailaan kay Cristo Jesus na
nasa Filipos, kasama ang mga tagapangasiwa at mga
diakono. 2 Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaan mula
sa Diyos na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo. 3
Nagpapasalamat ako sa aking Diyos sa bawat ala-ala ninyo.
4 Sa bawat panalangin ko para sa inyong lahat, palagi akong
nananalangin nang may kagalakan. 5 Nagpapasalamat ako
sa inyong pakikiisa sa ebanghelyo mula sa unang araw
hanggang sa ngayon. 6 Nagtitiwala ako sa bagay na ito, na
ang nagsimula ng mabuting gawain sa inyo ay ipagpapatuloy
na tapusin ito hanggang sa araw ni Jesu-Cristo. 7 Tama
para sa akin na maramdaman ang ganito tungkol sa inyong
lahat dahil kayo ay nasa puso ko. Naging kasama ko kayong
lahat sa biyaya pati sa aking pagkakakulong at sa aking
pagtatanggol at pagpapatunay ng ebanghelyo. 8 Sapagkat
ang Diyos ang aking saksi, kung paano ko pinananabikan na
makasama kayong lahat sa kalaliman ng pag-ibig ni Cristo
Jesus. 9 At ipinapanalangin ko ito: na ang inyong pag-ibig
ay lalo pang sumagana sa kaalaman at sa lahat ng pang-
unawa. 10 Ipinapanalangin ko ito upang masubukan ninyo at
mapili ang mga bagay na mahusay. Ipinapanalangin ko ito
upang kayo ay maging tapat at walang sala sa araw ni Cristo.
11 Ito rin ay upang mapuno kayo ng bunga ng katuwiran na
dumarating sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, sa kaluwalhatian
at kapurihan ng Diyos. 12 Ngayon, nais kong malaman ninyo
mga kapatid, na ang mga bagay na nangyari sa akin ay
nagbunga ng mabilis na paglaganap ng ebanghelyo. 13
Dahil ang aking pagkabilanggo dahil kay Cristo ay nalaman
ng mga bantay sa buong palasyo at ng lahat. 14 At nahimok
ang halos lahat ng mga kapatid sa Panginoon dahil sa
aking pagkabilanggo na maglakas-loob na ipahayag ang
salita nang walang takot. 15 Tunay na inihahayag ng iba
si Cristo dahil sa inggit at alitan, at ang iba naman ay
dahil sa mabuting kalooban. 16 Ang mga naghahayag kay
Cristo dahil sa pag-ibig ay nalalaman na inilagay ako dito
upang ipagtanggol ang ebanghelyo. 17 Ngunit ipinapahayag
ng iba si Cristo dahil sa makasarili at hindi tapat na mga
dahilan. Iniisip nilang mapapahirapan nila ako habang nasa
kulungan. 18 Ano naman? Sa alinmang paraan maging
sa pagkukunwari o sa katotohanan, naihahayag si Cristo,
at dahil dito nagagalak ako! Oo, ako ay magagalak. 19
Sapagkat alam kong magdudulot ito sa akin ng paglaya.
Mangyayari ito dahil sa inyong mga panalangin at sa tulong
ng Espiritu ni Jesu-Cristo. 20 Naaayon ito sa aking matibay
na inaasahan at kasiguraduhan na hindi ako mapapahiya. Sa
halip, inaasahan kong maitataas si Cristo sa aking katawan,
sa buhay man o sa kamatayan nang may buong tapang,
na lagi naman at maging sa ngayon. 21 Sapagkat para
sa akin, ang mabuhay ay kay Cristo at ang mamatay ay
kapakinabangan. 22 Ngunit kung ang mabuhay sa laman ay
magdudulot ng bunga sa aking paghihirap, kung gayon hindi
ko alam kung ano ang pipiliin. 23 Sapagkat naguguluhan
ako sa dalawang pagpipilian na ito. Gusto ko nang mamatay
at makasama si Cristo, kung saan iyon ang pinakamabuti!
24 Ngunit ang manatili sa laman ay mas kinakailangan para
sa inyong kapakanan. 25 Dahil nakatitiyak ako tungkol dito,
alam kong mananatili ako at magpapatuloy na kasama
ninyong lahat, para sa inyong paglago at kagalakan sa
pananampalataya. 26 Bilang resulta, ang pagluluwalhati
ninyo kay Cristo Jesus dahil sa akin ay mananagana, dahil
sa muli kong presensya sa inyo. 27 Mamuhay lamang kayo
na karapat-dapat sa ebanghelyo ni Cristo. Gawin ninyo ito
upang kahit darating ako para makita kayo o kung wala ako,
marinig ko sana ang tungkol sa kung paano kayo tumatayong
matibay sa iisang espiritu. Ninanais kong marinig na kayo ay
nasa iisang kaluluwa na magkakasamang nagsisikap para
sa pananampalataya ng ebanghelyo. 28 At huwag kayong
matakot sa anumang ginawa ng inyong mga kaaway. Para
sa kanila, tanda ito ng kanilang pagkawasak. Ngunit para sa
inyo, tanda ito ng inyong kaligtasan, at ito ay nagmula sa
Diyos. 29 Sapagkat ipinagkaloob na ito para sa inyo, alang-
alang kay Cristo, hindi lamang para maniwala sa kaniya,
ngunit para magdusa rin para sa kaniya. 30 Sapagkat kayo
ay may laban na gaya ng nakita ninyo sa akin, at naririnig
ninyo na mayroon ako ngayon.

2 Kung gayon, kung mayroon man kasiglahan kay Cristo.
Kung mayroon man kaginhawahan mula sa kaniyang
pagmamahal. Kung mayroon man pakikiisa sa Espiritu.
Kung mayroon man mga mahinahong awa at habag. 2
Gawing ganap ang aking kasiyahan sa pamamagitan ng
pagkakaroon ng iisang pag-iisip, pagkakaroon ng parehong
pagmamahal, nagkaisa sa espiritu, at sa pagkakaroon ng
parehong layunin. 3 Huwag kayong gumawa ng kahit na ano
dahil sa kasakiman o walang saysay na pagmamataas. Sa
halip ay ituring ninyo nang may kababaang-loob ang iba
na higit kaysa sa inyong sarili. 4 Huwag ninyong tingnan
ang pansarili ninyong pangangailangan, ngunit pati na
rin ang pangangailangan ng iba. 5 Mag-isip kayo tulad
ng kay Cristo Jesus. 6 Nabuhay siya sa anyo ng Diyos,
ngunit hindi niya itinuring ang kaniyang pagkakapantay sa
Diyos bilang isang bagay na dapat niyang panghawakan.
7 Sa halip, tinanggalan niya ng kapakanan ang kaniyang
sarili. Nag-anyo siya bilang isang tagapaglingkod. Nagpakita
siyang kawangis ng mga tao. Nakita siya bilang anyong
tao. 8 Ibinaba niya ang kaniyang sarili at naging masunurin

hanggang sa kamatayan, ang kamatayan sa krus. 9 Kung
kaya't lubos siyang itinaas ng Diyos. Siya ay binigyan
niya ng pangalan na nakahihigit sa lahat ng pangalan. 10
Ginawa niya ito upang ang lahat ay luluhod sa pangalan
ni Jesus, ang mga nasa langit at sa lupa, at ang mga
nasa ilalim ng lupa. 11 Ginawa niya ito upang ang lahat
ng labi ay magsasabing si Jesu-Cristo ay Panginoon, sa
kaluwalhatian ng Diyos Ama. 12 Kaya, mga minamahal
ko, tulad ng inyong palaging pagsunod, hindi lamang sa
panahong kasama ninyo ako, ngunit mas higit pa ngayong
hindi ninyo ako kasama, pagsikapan ninyo ang inyong
kaligtasan nang may takot at panginginig. 13 Sapagkat
ang Diyos na parehong kumikilos sa inyo upang naisin at
gawin ninyo ang ipinagagawa niya alang-alang sa kaniyang
ikasisiya. 14 Gawin ninyo ang lahat ng bagay nang walang
pagrereklamo at pagtatalo. 15 Kumilos kayo sa ganitong
paraan upang kayo ay maging walang kapintasan at tapat
na mga anak ng Diyos na walang dungis. Kumilos kayo sa
ganitong paraan upang kayo ay magningning tulad ng mga
liwanag sa mundo, sa gitna ng baluktot at bulok na salinlahi.
16 Ipahayag ninyo ang salita ng buhay nang sa gayon ay
may dahilan ako upang magluwalhati sa araw ni Cristo.
Doon ko malalaman na hindi ako tumatakbo ng walang
kabuluhan o gumagawa ng walang kabuluhan. 17 Ngunit
kahit na ibinuhos ako bilang isang alay sa paghahandog at
paglilingkod ng inyong pananampalataya, nagagalak ako,
at nagagalak ako kasama ninyong lahat. 18 Sa ganitong
paraan nagagalak din kayo, at nagagalak kasama ko. 19
Ngunit umaasa ako sa Panginoong Jesus na agad niyang
ipadala si Timoteo sa inyo, nang sa gayon ay mapalakas din
ang aking loob kapag nalaman ko ang mga bagay tungkol sa
inyo. 20 Sapagkat walang ibang taong may katulad ng ugali
niya, na tunay na sabik sa inyo. 21 Sapagkat lahat sila ay
naghahanap ng kani-kaniyang kapakinabangan, hindi ang
mga bagay na kay Jesu-Cristo. 22 Ngunit alam ninyo ang
kaniyang halaga, dahil tulad ng isang anak na naglilingkod
sa kaniyang ama, kaya naglingkod din siya kasama ko sa
ebanghelyo. 23 Kaya umaasa akong ipadadala siya sa
oras na makita ko kung paano magaganap ang mga bagay
sa akin. 24 Ngunit nagtitiwala ako sa Panginoon na ako,
sa aking sarili ay nalalapit na ring makarating. 25 Ngunit
sa tingin ko ay kinakailangang ipadala muli si Epafrodito
pabalik sa inyo. Kapatid ko siya, kapwa manggagawa, at
kapwa kawal, at inyong mensahero at lingkod para sa aking
mga pangangailangan. 26 Sapagkat labis siyang nabalisa,
at ninais niyang makasama kayong lahat, dahil nalaman
ninyo na siya ay may sakit. 27 Sa katunayan, malubha
ang kaniyang karamdaman na halos ikamatay niya. Ngunit
naawa ang Diyos sa kaniya, at hindi lamang sa kaniya, ngunit
pati na rin sa akin, nang sa gayon ay hindi na madagdagan
pa ang aking kalungkutan ng isa pang kalungkutan. 28
Kung kaya mas nakasasabik na ipadadala ko siya, nang
sa gayon kung makita ninyo siyang muli ay maaari kayong
magalak at ako ay higit na makakalaya sa pagkabalisa. 29
Tanggapin ninyo si Epafrodito sa Panginoon ng may buong
galak. Parangalan ninyo ang mga taong katulad niya. 30
Sapagkat dahil sa gawain para kay Cristo kaya siya nalapit
sa bingit ng kamatayan. Itinaya niya ang kaniyang buhay
upang mapaglingkuran ako at mapunuan ang hindi ninyo
kayang gawin sa paglilingkod sa akin.

3 Sa wakas, mga kapatid, magalak kayo sa Panginoon.
Para sa akin, hindi kaabalahan ang isulat muli ang
parehong mga bagay na ito sa inyo. Pananatilihin kayong
ligtas ng mga bagay na ito. 2 Mag-ingat kayo sa mga asal
aso. Mag-ingat kayo sa mga gumagawa ng masama. Mag-
ingat kayo sa mga paninira. 3 Sapagkat tayo ang pagtutuli.
Tayo na sumasamba sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos.
Tayo na ipinagmamalaki si Cristo Jesus at walang anumang
pagtitiwala sa laman. 4 Gayunpaman, ako sa aking sarili
ay maaaring magkaroon ng pagtitiwala sa laman. Kung
iniisip ninuman na siya ay may pagtitiwala sa laman, maaari
akong magkaroon ng higit pa. 5 Tinuli ako noong ika-walong
araw. Ipinanganak ako sa lahi ng Israel, sa lipi ni Benjamin.
Ipinanganak akong isang Hebreo ng mga Hebreo. Bilang
paggalang sa kautusan, ipinanganak akong isang Pariseo. 6
Masigasig kong inusig ang iglesiya. Bilang paggalang sa
katuwiran ng batas, wala akong sala. 7 Ngunit anumang mga
bagay na nagbigay karangalan sa akin, itinuring kong gaya
ng mga basura dahil kay Cristo. 8 Sa katunayan, ngayon
ay itinuring ko ang lahat ng bagay na walang kabuluhan
dahil sa kahusayan ng kaalaman ni Cristo Jesus na aking
Panginoon. Binalewala ko ang lahat ng bagay para sa
kaniya. Itinuring kong gaya ng mga basura ang mga ito
upang makamtan ko si Cristo 9 at matagpuan ako sa kaniya.
Wala akong katuwiran sa aking sarili mula sa kautusan.
Sa halip, mayroon akong katuwiran sa pamamagitan ng
pananampalataya kay Cristo, ang katuwirang mula sa
Diyos ayon sa pananampalataya. 10 Kaya ngayon, nais
kong makilala siya at ang kapangyarihan ng kaniyang
muling pagkabuhay at maging kabahagi sa kaniyang mga
pagdurusa. Nais kong mabago sa pamamagitan ni Cristo
tungo sa larawan ng kaniyang kamatayan, 11 upang kahit
papaano maaari kong maranasan ang muling pagkabuhay
sa mga patay. 12 Hindi totoo na natanggap ko na ang
mga bagay na ito, o ako ay naging isang ganap. Ngunit
nagsumikap ako upang aking matanggap ang anumang
natanggap ko sa pamamagitan ni Cristo Jesus. 13 Mga
kapatid, hindi ko iniisip na natanggap ko na ito. Ngunit

mayroong isang bagay, kinakalimutan ko kung ano ang
nakalipas at pinagsisikapan ko kung ano ang nasa hinaharap.
14 Nagpatuloy ako sa layunin upang makamit ang gantimpala
ng pagkatawag ng Diyos, kay Cristo Jesus. 15 Lahat
tayong mga matatag na, mag-isip tayo sa ganitong paraan.
At kung iba ang paraan ng inyong pag-iisip tungkol sa
anumang bagay, ipahahayag din iyon ng Diyos sa inyo. 16
Gayunpaman, anuman ang ating nakamit, lumakad tayo sa
maayos na paraang naaayon dito. 17 Tularan ninyo ako,
mga kapatid. Tingnan ninyong mabuti ang mga lumalakad
sa pamamagitan ng mga halimbawang mayroon kayo sa
amin. 18 Marami ang lumalakad, sila ang mga madalas
kong sinasabi sa inyo, at ngayon sinasabi ko sa inyo na
may kasamang pagluha—marami ang lumalakad bilang mga
kaaway ng krus ni Cristo. 19 Kapahamakan ang kanilang
patutunguhan. Sapagkat ang diyos nila ay ang kanilang
sikmura, at ang kanilang pagmamalaki ay nasa kanilang
kahihiyan. Iniisip nila ang tungkol sa mga makamundong
bagay. 20 Ngunit ang ating pagkamamamayan ay sa langit,
kung saan naghihintay rin tayo sa isang tagapagligtas na ang
Panginoong Jesu-Cristo. 21 Babaguhin niya ang ating mga
katawang lupa upang maging mga katawang binuo gaya ng
kaniyang maluwalhating katawan, binuo sa pamamagitan ng
lakas ng kaniyang kapangyarihan upang mapasailalim sa
kaniya ang lahat ng bagay.

4 Kaya nga, minamahal kong mga kapatid na aking
kinasasabikan, aking kagalakan at korona. Sa paraang
ito, manatili kayong matatag sa Panginoon, mga minamahal
kong kaibigan. 2 Nagsusumamo ako kay Euodia, at
kay Sintique na magkaroon ng parehong pag-iisip sa
Panginoon. 3 Katunayan, hinihiling ko rin sa iyo, tunay
kong kamanggagawa, tulungan mo ang mga babaeng ito.
Sapagkat sila ang kasama kong nagsikap sa pagpapalaganap
ng ebanghelyo kasama si Clemente at iba pang mga
kapwa ko manggagawa, kung saan ang mga pangalan ay
nasa aklat ng buhay. 4 Magalak lagi sa Panginoon. Muli
kong sasabihin, magalak. 5 Hayaan ninyong makita ng
lahat ng tao ang inyong kahinahunan. Malapit lamang ang
Panginoon. 6 Huwag mabalisa tungkol sa anumang bagay.
Sa halip, hayaan ninyong malaman ng Panginoon ang
inyong mga kahilingan sa lahat ng bagay sa pamamagitan
ng panalanging may pasasalamat. 7 At ang kapayapaan ng
Diyos na humihigit sa lahat ng pang-unawa, ang mag-iingat
sa inyong mga puso at isipan kay Cristo Jesus. 8 Sa wakas,
mga kapatid, anumang mga bagay na totoo, marangal,
makatarungan, dalisay, kaibig-ibig, may mabuting ulat, kung
may mga bagay na mahusay at dapat papurihan, isipin
ang mga bagay na ito. 9 Ang mga bagay na natutunan at
natanggap ninyo, narinig at nakita ninyo sa akin, gawin ang
mga bagay na ito. Gawin ninyo ang mga bagay na inyong
natutunan, natanggap, narinig at nakita sa akin. At sasainyo
ang Diyos ng kapayapaan. 10 Lubos akong nagagalak sa
Panginoon dahil sa wakas ay binago ninyo ang inyong
pagpapahalaga para sa akin. Bagama't pinahalagahan
ninyo ako noon ngunit wala kayong pagkakataon para
tumulong. 11 Hindi ko sinasabi ang mga ito para sa aking mga
pangangailangan. Sapagkat natutunan ko ang masiyahan sa
lahat ng pangyayari. 12 Alam ko kung paano mangailangan
at alam ko rin kung paano magkaroon ng kasaganaan.
Sa lahat ng paraan at sa lahat ng bagay, natutunan ko
ang lihim kung paano parehong kumain ng marami at
magutom, paano parehong managana at mangailangan. 13
Magagawa ko ang lahat ng mga bagay sa pamamagitan
niya na nagpapalakas sa akin. 14 Gayunpaman, ginawa
ninyo ang mabuti sa pakikibahagi sa aking mga paghihirap.
15 At alam ninyo, kayong mga taga-Filipos, na sa simula
ng ebanghelyo, nang umalis ako sa Macedonia, walang
iglesya ang tumulong sa akin sa bagay ng pagbibigay at
pagtatanggap maliban sa inyo lamang. 16 Kahit nang ako ay
nasa Tesalonica, nagpadala kayo ng tulong para sa aking
mga pangangailangan ng higit sa isang beses. 17 Hindi
sa hinahanap ko ang kaloob. Sa halip, hinahanap ko ang
bunga na nagpapataas ng inyong halaga. 18 Nakatanggap
at nagkaroon ako ng lahat bagay. Napuno ako. Natanggap
ko mula kay Epafroditus ang mga bagay na galing sa inyo.
Ang mga ito ay mababangong samyo, katanggap-tanggap
at kalugod-lugod na handog sa Diyos. 19 At ang aking
Diyos ang magpupuno ng inyong mga pangangailangan
ayon sa kaniyang mga kayamanan at kaluwalhatian kay
Cristo Jesus. 20 Ngayon, nawa'y sa ating Diyos at Ama
ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen. **(aiōn g165)** 21
Batiin ninyo ang bawat mananampalataya kay Cristo Jesus.
Binabati kayo ng mga kasamahan kong mananampalataya.
22 Binabati kayo ng lahat ng mananampalataya dito, lalo na
ang mga nasa sambahayan ni Ceasar. 23 Sumainyo nawa
ang biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo.

# Mga Colosas

**1** Ako si Pablo, isang apostol ni Cristo Jesus sa
pamamagitan ng kalooban ng Diyos, at si Timoteo na
ating kapatid, **2** sa mga mananampalataya at tapat na mga
kapatid kay Cristo na nasa Colosas. Sumainyo nawa ang
biyaya at kapayapaan mula sa ating Diyos Ama. **3** Kami ay
nagpapasalamat sa Diyos, ang Ama ng ating Panginoong
Jesu-Cristo, at kami ay laging nananalangin para sa inyo. **4**
Nabalitaan namin ang inyong pananampalataya kay Cristo
Jesus at ang pag-ibig na mayroon kayo para sa lahat ng
mga inilaan sa Diyos. **5** Taglay ninyo ang pag-ibig na ito dahil
sa tiyak na pag-asang nakalaan para sa inyo sa kalangitan.
Narinig ninyo ang tiyak na pag-asang ito noon sa salita ng
katotohanan, ang ebanghelyo **6** na nakarating sa inyo. Ang
ebanghelyo na ito ay namumunga at lumalago sa buong
mundo. Ginagawa rin ito sa inyo mula sa araw na narinig
ninyo ito at natutunan ang tungkol sa biyaya ng Diyos sa
katotohanan. **7** Ito ang ebanghelyo na natutunan ninyo kay
Epafras, ang ating minamahal na kapwa-lingkod, na isang
tapat na lingkod ni Cristo sa ngalan namin. **8** Ipinaalam sa
amin ni Epafras ang inyong pag-ibig sa Espiritu. **9** Dahil sa
pag-ibig na ito, mula sa araw na narinig namin ito, hindi kami
tumigil na manalangin para sa inyo. Hinihiling namin na kayo
ay mapuspos ng kaalaman ng kaniyang kalooban sa lahat ng
karunungan at pang-unawang espirituwal. **10** Ipinapanalangin
namin na lumakad kayo na karapat- dapat sa Panginoon sa
mga kalugod-lugod na paraan. Ipinapanalangin namin na
mamunga kayo sa bawat mabubuting gawa at ng lumago
kayo sa inyong kaalaman sa Diyos. **11** Ipinapanalangin
namin na mapalakas kayo sa bawat kakayahang naaayon
sa kapangyarihan ng kaniyang kaluwalhatian tungo sa lahat
ng pagtitiyaga at pagtitiis. **12** Ipinapanalangin namin na
kayo ay magpapasalamat ng may galak sa Ama, na siyang
nagkaloob sa inyo na makibahagi sa mga kayamanan ng
mga mananampalataya sa liwanag. **13** Sinagip niya tayo
mula sa pamamahala ng kadiliman at inilipat tayo sa kaharian
ng kaniyang minamahal na Anak. **14** Sa kaniyang Anak
mayroong tayong katubusan, ang kapatawaran ng mga
kasalanan. **15** Ang anak ay ang larawan ng hindi nakikitang
Diyos. Siya ang unang anak sa lahat ng mga nilikha. **16**
Sapagkat sa pamamagitan niya nilikha ang lahat ng bagay,
ang mga nasa langit at ang mga nasa lupa, ang mga nakikita
at ang mga hindi nakikita. Maging mga trono o pamahalaan
o pamunuan o kapangyarihan, ang lahat ng bagay ay nilikha
sa pamamagitan niya at para sa kaniya. **17** Siya ang una sa
lahat ng mga bagay, at sa kaniya ang lahat ng bagay ay
nagkakaugnay. **18** At siya ang ulo ng katawan, ang iglesiya.
Siya ang simula at ang unang anak mula sa mga patay, kaya
siya ang pangunahin sa lahat ng mga bagay. **19** Sapagkat
ang Diyos ay nalugod na ang kaniyang kaganapan ay
nararapat na mamuhay sa kaniya, **20** at upang ipagkasundo
sa kaniya ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng Anak.
Gumawa ang Diyos ng kapayapaan sa pamamagitan ng
kaniyang dugo sa krus. Ipinagkasundo ng Diyos ang lahat
ng bagay sa kaniyang sarili, maging ang mga bagay sa lupa
o ang mga bagay sa kalangitan. **21** At kayo rin, sa isang
pagkakataon ay mga taong hindi kilala ng Diyos, at mga
kaaway niya sa kaisipan at masasamang mga gawa. **22**
Ngunit pinagkasundo niya kayo ngayon sa kaniyang lupang
katawan sa pamamagitan ng kamatayan. Ginawa niya ito
upang iharap kayong banal, walang kapintasan at walang
dungis sa kaniyang harapan, **23** kung kayo ay nagpapatuloy
sa pananampalataya, matatag at matibay, hindi napapakilos
palayo mula sa tiyak na inaasahan ng ebanghelyo na inyong
narinig. Ito ang ebanghelyo na naipahayag sa bawat tao sa
ilalim ng langit. Ito ang ebanghelyo kung saan, akong si
Pablo ay naging isang lingkod. **24** Ngayon nagagalak ako
sa aking mga paghihirap para sa inyo. At pinupunan ko sa
aking laman anuman ang kakulangan sa mga paghihirap ni
Cristo para sa kapakanan ng kaniyang katawan, na ang
iglesiya. **25** Dahil sa iglesiyang ito kaya ako naging lingkod,
ayon sa tungkulin mula sa Diyos na ibinigay sa akin para
sa inyo upang punuin ang salita ng Diyos. **26** Ito ang lihim
na katotohanan na itinago sa panahon at sa mga salinlahi.
Ngunit nahayag ito ngayon sa mga naniniwala sa kaniya.
**(aiōn g165)** **27** Ito ay para sa kanila na nais ng Diyos na
makaalam kung ano ang mga kayamanan ng maluwalhating
lihim na ito ng katotohanan sa mga Gentil. Ito ay si Cristo na
nasa inyo, ang pagtitiwala ng kaluwalhatian sa hinaharap.
**28** Siya ito na ating ipinapahayag. Pinagsasabihan natin
ang bawat isa, at tinuturuan natin ang bawat isa ng may
buong karunungan, upang maiharap natin ang bawat tao
na ganap kay Cristo. **29** Dahil dito, ako ay gumagawa at
nagpapakahirap ayon sa kaniyang kalakasan na kumikilos
sa akin sa kapangyarihan.

**2** Sapagkat gusto kong malaman ninyo kung gaano kalaki
ang paghihirap ko para sa inyo, para sa mga nasa
Laodicea, at para sa marami pang hindi pa nakikita ang aking
mukha ng harapan. **2** Gumagawa ako upang mapalakas ko
ang kanilang kalooban sa pamamagitan ng pagsasama-
sama sa pagmamahal at sa lahat ng kayamanan ng buong
katiyakan ng pang-unawa, sa kaalaman tungkol sa lihim na
katotohanan ng Diyos, na si Cristo. **3** Sa kaniya ay nakatago
ang lahat ng kayamanan ng karunungan at kaalaman. **4**
Sinasabi ko ito nang sa gayon ay walang manloko sa
inyo sa pamamagitan ng mapanghikayat na pananalita.
**5** At bagaman hindi niyo ako pisikal na kasama, kasama

ninyo naman ako sa espiritu. Nagagalak akong makita ang
inyong mahusay na kaayusan at ang kalakasan ng inyong
pananampalataya kay Cristo. 6 Yamang tinanggap ninyo
si Cristo ang Panginoon, lumakad kayong kasama niya. 7
Maging matatag kayong nakatanim sa kaniya, mabuo kayo
sa kaniya. Magpakatibay kayo sa inyong pananampalataya
tulad ng naituro sa inyo, at maging sagana kayo sa
pagpapasalamat. 8 Tiyakin ninyong walang huhuli sa inyo
sa pamamagitan ng pilosopiya at ang walang kabuluhang
pagmamayabang ayon sa tradisyon ng mga tao, ayon sa
mga elemento ng mundo, at hindi naaayon kay Cristo. 9
Sapagkat sa kaniyang katawan nabubuhay ang lahat ng
kaganapan ng Diyos. 10 At napuno kayo sa kaniya. Siya ang
ulo ng bawat kapangyarihan at kapamahalaan. 11 Sa kaniya,
tinuli rin kayo sa pamamagitan ng pagtutuli na hindi ginagawa
ng mga tao, ang pagtatanggal sa katawan ng laman, ngunit
sa pagtutuli ni Cristo. 12 Inilibing kayong kasama niya sa
bautismo. At sa kaniya ay ibinangon kayo sa pamamagitan
ng pananampalataya sa kapangyarihan ng Diyos, na siyang
nagbangon sa kaniya mula sa mga namatay. 13 noong kayo
ay patay sa inyong mga pagkakasala at sa hindi pagkakatuli
ng inyong laman, binuhay niya kayong kasama niya at
pinatawad tayong lahat sa ating mga paglabag. 14 Binura
niya ang nakasulat na tala ng mga pagkaka-utang at ang
mga tuntunin na laban sa atin. Tinanggal niya ang lahat ng
mga ito at ipinako ito sa krus. 15 Tinanggal niya ang mga
kapangyarihan at mga kapamahalaan. Lantaran niya silang
ibinunyag at dinala sila sa matagumpay na pagdiriwang sa
pamamagitan ng kaniyang krus. 16 Kaya, huwag ninyong
hayaang husgahan kayo ng iba sa pagkain o sa pag-inom, o
tungkol sa araw ng pista o bagong buwan, o tungkol sa mga
Araw ng Pamamahinga. 17 Ang mga ito ay anino ng mga
bagay na darating, ngunit ang nilalaman ay si Cristo. 18
Huwag hayaang manakawan ang sinuman ng gantimpala
dahil sa pagnanais ng kababaang-loob at sa pamamagitan
ng pagsamba sa mga anghel. Ang taong katulad nito
ay nananatili sa mga bagay na nakita niya at nagiging
mapagmalaki sa pamamagitan ng kaniyang makalamang
pag-iisip. 19 Hindi siya kumakapit sa ulo. Nagmumula sa
ulo ang pagtutustos at pagsasama ng buong katawan,
hanggang sa kaniyang mga kasu-kasuan at mga litid nito;
lumalago ito kasama ang paglagong ibinigay ng Diyos. 20
Kung namatay kayo kasama ni Cristo sa mga elemento
ng mundo, bakit kayo nabubuhay na parang obligado sa
mundo: 21 "Huwag hawakan, o tikman, o kahit humipo"?
22 Nakalaan ang mga bagay na ito para sa masamang
paggamit, ayon sa mga tagubilin at mga itinuro ng mga
tao. 23 Ang mga patakarang ito ay may karunungan sa
sariling-gawang relihiyon at pagpapakumbaba at kalupitan
ng katawan. Ngunit wala itong halaga laban sa kalayawan
ng laman.

3 Kung itinaas kayo ng Diyos na kasama ni Cristo, hanapin
ninyo ang mga bagay na nasa itaas, kung saan nakaupo
si Cristo sa kanang kamay ng Diyos. 2 Isipin ninyo ang
tungkol sa mga bagay na nasa itaas, at hindi tungkol sa
mga bagay sa lupa. 3 Sapagkat namatay kayo at itinago
ang inyong buhay kasama ni Cristo sa Diyos. 4 Kapag
nagpakita si Cristo na siya ninyong buhay, makikita rin
kayong kasama niya sa kaluwalhatian. 5 patayin ninyo
ang mga bahagi na nasa mundo—pagnanasa sa laman,
karumihan, matinding damdamin, masamang pagnanasa, at
kasakiman, na pawang pagsamba sa diyus-diyosan. 6 Para
sa mga bagay na ito kaya ang poot ng Diyos ay darating
sa mga anak ng pagsuway. 7 Sa mga bagay na ito na
minsan rin ninyong nilakaran ng namuhay kayo sa mga
ito. 8 Ngunit ngayon dapat ninyong alisin ang lahat ng mga
bagay na ito—poot, galit, mga masasamang layunin, mga
pang-aalipusta at malaswang pananalita mula sa inyong
bibig. 9 Huwag kayong magsinungaling sa isa't isa, sapagkat
hinubad na ninyo ang lumang pagkatao kasama ang mga
kaugalian nito. 10 Isinuot na ninyo ang bagong pagkatao na
binago sa kaalamang naaayon sa larawan ng lumikha sa
kaniya. 11 Sa kaalamang ito, walang Griyego at Judio, tuli at
di-tuli, barbaro, Scythian, alipin, malayang tao, ngunit sa
halip si Cristo ang lahat ng mga bagay at sa lahat ng mga
bagay. 12 Kaya nga, taglayin ninyo, bilang mga pinili ng
Diyos, banal at minamahal, mga daluyan ng awa, kabaitan,
kapakumbabaan, kaamuhan at katiyagaan. 13 Magtiyaga
sa bawat isa. Maging maawain sa bawat isa. Kung ang
isa ay may hinaing laban sa isa pa, magpatawad kayo
gaya ng pagpapatawad sa inyo ng Panginoon. 14 Higit sa
lahat ng mga bagay na ito, magkaroon kayo ng pag-ibig na
siyang bigkis ng pagiging isang ganap. 15 Hayaang maghari
sa inyong mga puso ang kapayapaan ni Cristo. Para sa
kapayapaang ito kaya tinawag kayo sa iisang katawan.
Maging mapagpasalamat kayo. 16 Hayaang mamuhay ang
salita ni Cristo ng masagana sa inyo. Buong karunungang
turuan at pagsabihan ninyo ang isa't isa sa pamamagitan ng
salmo at himno, at mga awiting espiritwal. Umawit kayo ng
may pasasalamat sa inyong mga puso para sa Diyos. 17 At
anuman ang inyong ginagawa sa salita man o sa gawa,
gawin ninyo ang lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus.
Magpasalamat sa Diyos Ama sa pamamagitan niya. 18 Mga
asawang babae, magpasakop kayo sa inyong mga asawa,
dahil ito ang nararapat sa Panginoon. 19 Mga asawang
lalaki, mahalin ninyo ang inyong mga asawa at huwag
maging malupit laban sa kanila. 20 Mga anak, sundin ninyo
ang inyong mga magulang sa lahat ng mga bagay, sapagkat

nakalulugod ito sa Panginoon. 21 Mga ama, huwag ninyong
labis na pagalitan ang inyong mga anak, upang hindi sila
panghinaan ng loob. 22 Mga alipin, sundin ninyo ang inyong
mga amo ayon sa laman sa lahat ng mga bagay, hindi
lamang kapag may nakakakita upang magbigay lugod sa
mga tao, ngunit nang may tapat na puso. Matakot kayo
sa Panginoon. 23 Anuman ang inyong ginagawa, gumawa
kayo mula sa kaluluwa na para sa Panginoon at hindi
para sa mga tao. 24 Nalalaman ninyong tatangap kayo
mula sa Panginoon ng gantimpala ng pagkamit nito. Ito
ay ang Cristong Panginoon na inyong pinaglilingkuran. 25
Sapagkat sinumang gumawa ng hindi matuwid ay tatanggap
ng kabayaran para sa hindi matuwid na kaniyang ginawa at
wala ditong pinapanigan.

4 Mga panginoon, ibigay ninyo sa mga alipin kung ano ang
nararapat at makatarungan. Alam ninyo na mayroon din
kayong Panginoon sa langit. 2 Taimtim na magpatuloy sa
panalangin. Manatiling handa sa pasasalamat. 3 Manalangin
kayo ng sama-sama para sa amin, na magbukas ang Diyos
ng pagkakataon para sa kaniyang salita upang sabihin
ang lihim na katotohanan ni Cristo. Dahil dito, iginapos
ako. 4 At manalangin na magawa ko ito ng malinaw gaya
ng nararapat kong sabihin. 5 Lumakad sa karunungan
para sa mga hindi mananampalataya at pahalagahan ang
pagkakataon. 6 Ang inyong pananalita nawa ay laging may
biyaya, na magkalasang asin, upang malaman ninyo kung
paano dapat sumagot sa bawat tao. 7 Para sa mga bagay
na may kinalaman sa akin, si Tiquico ang magpapaalam
ng mga ito sa inyo. Siya ay isang minamahal na kapatid,
tapat na lingkod at kapwa alipin sa Panginoon. 8 Pinapunta
ko siya sa inyo para rito, upang malaman ninyo ang mga
bagay tungkol sa amin at upang mapalakas niya ang inyong
mga puso. 9 Pinapunta ko siya kasama ni Onesimo, ang
tapat at minamahal na kapatid, na isa sa inyo. Sasabihin
nila sa inyo ang lahat ng nangyari dito. 10 Binabati kayo ni
Aristarco na aking kapwa bilanggo, pati na rin si Marcos, ang
pinsan ni Barnabas tungkol sa kung saan natanggap ninyo
ang mga kautusan, “Kung pupunta siya sa inyo tanggapin
ninyo siya,” 11 at si Jesus na tinatawag din nilang Justu. Sila
lamang sa pagtutuli ang kapwa ko manggagawa para sa
kaharian ng Diyos. Sila ang nakapagbigay ng kaginhawaan
sa akin. 12 Binabati kayo ni Epafras. Isa siya sa inyo at isang
alipin ni Cristo Jesus. Lagi siyang nagsisikap na manalangin
para sa inyo, upang tumayo kayong ganap at punong-puno
ng katiyakan sa lahat ng kalooban ng Diyos. 13 Sapagkat
naging saksi ako sa kaniya, nagpakahirap siyang gumagawa
para sa inyo, para sa mga nasa Laodicea at Hierapolis. 14
Bumabati sa inyo si Demas at si Lucas na minamahal na
manggagamot. 15 Batiin mo ang mga kapatid sa Laodicea,
si Nimfas at sa iglesiya na nasa kaniyang bahay. 16 Kapag
nabasa na ang sulat na ito sa inyo, basahin din ninyo ito sa
iglesia ng mga taga-Laodicea at siguraduhin din ninyong
nabasa ang liham mula sa Laodicea. 17 Sabihin ninyo kay
Archipus, “Tingnan mo ang gawain na iyong natanggap sa
Panginoon, na dapat mong tapusin ito.” 18 Ang pagbating
ito ay sa pamamagitan ng aking sariling kamay—Pablo.
Alalahanin ninyo ang aking mga kadena. Sumainyo nawa
ang biyaya.

# 1 Mga Tesalonica

1 Mula kina Pablo, Silas, at Timoteo para sa iglesiya ng
mga taga-Tesalonica sa Diyos Ama at sa Panginoong
Jesu-Cristo. Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaan. 2
Lagi kaming nagpapasalamat sa Diyos para sa inyong lahat,
habang binabanggit namin kayo sa aming mga panalangin.
3 Inaalala namin ng walang tigil sa harapan ng Diyos at Ama
ang inyong mga gawa ng pananampalataya, pagpapagal sa
pag-ibig, at pagtitiyagang may pagtitiwala para sa hinaharap
sa ating Panginoong Jesu-Cristo. 4 Mga kapatid na iniibig ng
Diyos, alam namin ang inyong pagkatawag, 5 kung paanong
ang ating ebanghelyo ay dumating sa inyo na hindi lamang
sa salita, ngunit gayon din sa kapangyarihan, sa Banal na
Espiritu, at sa lubos na katiyakan. Gayon din naman, inyong
nalalaman kung anong uri ng tao kami sa inyo para sa
inyong kapakanan. 6 ninyo kami at ang Panginoon, gaya nga
ng pagtanggap ninyo sa salita sa matinding paghihirap na
may kagalakan mula sa Banal na Espiritu. 7 Bilang resulta,
kayo ay naging halimbawa sa lahat ng mananampalataya sa
Macedonia at Acaya. 8 Sapagkat mula sa inyo ang salita ng
Panginoon ay lumaganap, at hindi lamang sa Macedonia
at Acaya. Kundi, sa lahat ng dako kung saan ang inyong
pananampalataya sa Diyos ay naibalita. Bilang resulta, hindi
na namin kailangang magsalita ng ano pa man. 9 Sapagkat
sila mismo ang nagbalita kung paano kami dumating sa inyo.
Kanilang sasabihin kung paano kayo nanumbalik sa Diyos
mula sa mga diyus-diyosan upang maglingkod sa buhay at
tunay na Diyos. 10 Ibinalita nila na kayo ay naghihintay sa
kaniyang Anak mula sa langit, na kaniyang ibinangon mula
sa mga patay. Ito ay si Jesus, na nagpalaya sa atin mula sa
poot na darating.

2 Kayo mismo ang nakakaalam mga kapatid, na ang aming
pagpunta sa inyo ay hindi nawalan ng kabuluhan. 2
Alam naman ninyo na kami ay naghirap noon at inalipusta
ng kahiya-hiya sa Filipos, gaya ng inyong alam. Malakas
ang loob namin sa ating Diyos na ipahayag sa inyo ang
ebanghelyo ng Diyos na may labis na pagsisikap. 3 Sapagkat
ang aming panghihikayat ay hindi galing sa kamalian,
ni sa karumihan, ni sa panlilinlang. 4 Sa halip, kami ay
pinagtibay ng Diyos na napagkatiwalaan ng ebanghelyo,
kaya ito ay aming sinasabi. Kami ay nagsasalita, hindi
upang magbigay lugod sa mga tao, kundi upang magbigay
lugod sa Diyos. Siya ang nakakasiyasat sa aming mga
puso. 5 Sapagkat hindi kami kailanman gumamit ng mga
matatamis na salita, gaya ng alam ninyo, ni ng pagdadahilan
sa kasakiman, ang Diyos ang aming saksi. 6 Ni hindi namin
hinahanap ang kaluwalhatian mula sa mga tao, ni sa inyo at
sa iba. Nararapat sana naming tanggapin ang aming mga
karapatan bilang mga apostol ni Cristo. 7 Sa halip, kami
ay naging mahinahon sa inyo na gaya ng ina na inaaliw
ang kaniyang mga anak. 8 Sa ganitong paraan kami ay
nagmamalasakit sa inyo. Kami ay nalulugod na ibahagi sa
inyo hindi lamang ang ebanghelyo ng Diyos kundi maging
ang aming buhay. Sapagkat kayo ay labis na napamahal na
sa amin. 9 Sapagkat inyong naaalala, mga kapatid, ang
aming trabaho at pagpapakahirap. Sa araw at gabi kami
ay gumagawa upang hindi maging pabigat kaninuman sa
inyo. Sa panahong iyon, ipinangaral namin sa inyo ang
ebanghelyo ng Diyos. 10 Kayo ay mga saksi, at ang Diyos
rin, kung gaano kabanal, makatuwiran, at walang dungis
na kami ay nagpakahinahon sa inyo na sumasampalataya.
11 Sa gayon ding paraan, alam ninyo kung papaano ang
bawat isa sa inyo, katulad ng ama sa kaniyang mga anak,
kayo ay aming hinimok at hinikayat. Pinatotohanan namin
12 na dapat kayong lumakad sa paraan na karapat-dapat
sa Diyos na siyang tumawag sa inyo tungo sa kaniyang
sariling kaharian at kaluwalhatian. 13 Sa dahilang ito kami
rin ay walang tigil na nagpapasalamat sa Diyos. Sapagkat
nang inyong natanggap mula sa amin ang mensahe ng
Diyos na inyong napakinggan, ito ay inyong tinanggap hindi
bilang salita ng tao. Sa halip, tinanggap ninyo itong totoo,
ang salita ng Diyos. Ito rin ang salita na gumagawa sa inyo
na sumasampalataya. 14 Sapagkat kayo, mga kapatid, ay
naging katulad din ng mga iglesiya ng Diyos na nasa Judea
kay Cristo Jesus. Sapagkat kayo ay nagdusa din ng gayong
mga bagay sa inyong mga kababayan, katulad ng ginawa sa
kanila ng mga Judio. 15 Ang mga Judio rin ang pumatay
sa ating Panginoong Jesu-Cristo at sa mga propeta. Ang
mga Judio rin ang nagpalayas sa atin. Sila ay hindi naging
kalugod-lugod sa Diyos. Sa halip, naging kaaway ng lahat ng
tao. 16 Pinagbabawalan nila kaming makipag-usap sa mga
Gentil upang sila ay maligtas. Ang naging resulta ay lagi
nilang pinupunuan ang kanilang mga kasalanan. Ang poot
ay darating sa kanila sa katapusan. 17 Kami, mga kapatid,
ay nahiwalay sa inyo ng maikling panahon, sa presensya,
hindi sa puso. Ginawa namin ang aming makakaya na may
malaking pagnanais upang makita ang mukha ninyo. 18
Sapagkat ninais naming makapunta sa inyo, ako, si Pablo,
na minsan at muli, ngunit hinadlangan kami ni Satanas. 19
Sapagkat ano ba ang aming inaasahan sa hinaharap, o
kagalakan, o korona ng pagmamalaki sa harapan ng ating
Panginoong Jesus sa kaniyang pagdating? Hindi ba't kayo
at ang iba? 20 Sapagkat kayo ang aming kaluwalhatian at
kagalakan.

3 Kaya naman, nang hindi na namin kayang tiisin pa ito,
inakala naming mabuti ang maiwan sa Atenas ng mag-

isa. 2 Pinapunta namin si Timoteo, ang ating kapatid at
lingkod ng Diyos sa ebanghelyo ni Cristo upang palakasin at
aliwin kayo tungkol sa inyong pananampalataya. 3 Ginawa
namin ang mga ito upang walang isa man ang mayanig sa
mga pagdurusang ito. Sapagkat inyong nalalaman na sa
bagay na ito kami ay hinirang. 4 Katunayan, nang kami
ay kasama ninyo, sinabi na namin sa inyo na kami ay
magdurusa sa kapighatian at nagkatotoo ito gaya ng inyong
nalalaman. 5 Sa kadahilanang ito, nang hindi ko na kayang
tiisin pa, nagsugo ako upang malaman ang tungkol sa inyong
pananampalataya. Maaaring ang manunukso ay tinukso
kayo, at ang aming pagtatrabaho ay nawalan ng kabuluhan.
6 Ngunit pumarito si Timoteo sa amin galing sa inyo at dinala
sa amin ang mabuting balita ng inyong pananampalataya at
pag-ibig. Sinabi niya sa amin na laging nasa inyo ang aming
mga mabubuting alaala, na nasasabik kayong makita kami
gaya ng aming pananabik na makita kayo. 7 Dahil dito, mga
kapatid, naaliw kami dahil sa inyong pananampalataya, sa
lahat ng aming pagkabalisa at pagdadalamhati. 8 Sapagkat
ngayon, nabubuhay kami kung mananatili kayong matatag sa
Panginoon. 9 Sapagkat anong pasasalamat ang maibibigay
namin sa Diyos dahil sa inyo, para sa lahat ng kagalakan na
mayroon kami sa harap ng ating Diyos dahil sa inyo? 10
Gabi at araw nananalangin kami ng buong tiyaga upang
makita namin kayo ng harapan at maipagkaloob kung ano
ang kulang sa inyong pananampalataya. 11 Nawa ang ating
Diyos Ama, at ang ating Panginoong Jesus ang manguna
sa amin sa inyo. 12 Nawa palaguin kayo at pasaganahin
ng Panginoon sa pag-ibig sa isa't-isa at sa lahat ng tao,
na gaya ng ginagawa namin sa inyo. 13 Nawa ay gawin
niya ito upang palakasin ang inyong mga puso na walang
kapintasan sa kabanalan sa harap ng ating Diyos at Ama sa
pagdating ng ating Panginoong Jesus kasama ang lahat ng
kaniyang mga banal.

**4** Sa wakas, mga kapatid, pinapalakas namin kayo at
hinihikayat sa Panginoong Jesus. Gaya sa inyong
pagtanggap ng mga tagubilin mula sa amin tungkol sa
kung paano kayo dapat lumakad at nagbibigay lugod sa
Diyos, sa ganitong paraan kayo lumakad, upang magawa
ninyo ito ng higit pa. 2 Sapagkat alam ninyo kung anong
mga tagubilin sa Panginoong Jesus ang aming naibigay sa
inyo. 3 Sapagkat ito ang kalooban ng Diyos: ang inyong
pagpapakabanal—umiwas kayo sa kahalayan, 4 na bawat
isa sa inyo ay alam kung paano makitungo sa kaniyang
asawa ng may kabanalan at karangalan. 5 Huwag kayong
mag-asawa sa kahalayan ng laman (gaya ng mga Gentil na
di nakakakilala sa Diyos). 6 Huwag hayaan ang sinuman
na pagsamantalahan at dayain ang kaniyang kapatid sa
bagay na ito. Sapagkat ang Panginoon ang gaganti sa lahat
ng mga bagay na ito, gaya sa aming babala sa inyo at
pinatotohanan. 7 Sapagkat hindi tayo tinawag ng Diyos
sa karumihan, kundi sa kabanalan. 8 Kaya, ang sinumang
magtanggi nito ay hindi ang tao ang tinanggi niya, kundi
ang Diyos, na nagkaloob ng Banal na Espiritu sa inyo.
9 Tungkol sa pag-iibigang magkakapatid, hindi kailangan
may sumulat pa sa inyo, sapagkat kayo sa inyong sarili
ay naturuan na ng Diyos na umibig sa isat-isa. 10 Sa
katunayan, ginagawa ninyo ito sa lahat ng mga kapatid
na nasa Macedonia. Ngunit hinihikayat namin kayo, mga
kapatid, na gawin ninyo ito ng higit pa. 11 Hinihikayat rin
namin kayo na pagsumikapan ninyong mamuhay ng tahimik,
gawin ninyo ang inyong sariling gawain, at magtrabaho kayo
sa inyong sariling mga kamay, gaya ng inutos namin sa inyo.
12 Gawin ninyo ito upang makalakad kayo ng maayos na may
paggalang sa mga taong nasa labas ng pananampalataya,
at upang hindi na kayo mangailangan ng anuman. 13 Nais
naming maintindihan ninyo, mga kapatid, ang tungkol sa
mga natutulog, upang hindi kayo magdalamhati gaya ng
marami na hindi nakakatiyak tungkol sa kinabukasan. 14
Dahil kung tayo ay naniniwala na si Jesus ay namatay at
nabuhay na muli, ganoon din dadalhin ng Diyos kasama
ni Jesus ang mga natutulog sa kaniya. 15 Sinasabi namin
ito sa inyo sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, na
tayong mga buhay, na naiwan sa pagparito ng Panginoon,
ay tiyak na hindi mauuna sa mga natutulog. 16 Sapagkat
ang Panginoon mismo ay bababa mula sa langit. Siya ay
paparito na may isang sigaw, na may tinig ng arkanghel, at
may trumpeta ng Diyos, at ang mga namatay kay Cristo
ang unang bubuhayin. 17 At tayong mga buhay, na naiwan,
ay makakasama nila sa alapaap upang salubungin ang
Panginoon sa himpapawid. Sa ganitong paraan tayo ay
makakapiling natin ang Panginoon. 18 Kaya, aliwin ang
bawat isa ng mga salitang ito.

**5** Ngayon, tungkol sa mga oras at panahon, mga kapatid,
hindi kailangang maisulat pa sa inyo ang mga bagay na
ito. 2 Sapagkat alam na ninyo ng lubusan na ang araw ng
Panginoon ay darating tulad ng isang magnanakaw sa gabi.
3 Kapag sinabi nilang “Kapayapaan at kaligtasan,” at biglang
darating sa kanila ang pagkawasak. Ito ay magiging katulad
ng sakit sa panganganak ng isang babaeng buntis. Hindi
sila makakatakas dito sa anumang paraan. 4 Ngunit kayo,
mga kapatid, wala na kayo sa kadiliman kaya aabutan kayo
ng araw na iyon gaya ng isang magnanakaw. 5 Sapagkat
kayong lahat ay mga anak ng liwanag at mga anak ng
umaga. Hindi tayo mga anak ng gabi o ng kadiliman. 6 Kaya
nga, huwag tayong matulog gaya ng ginagawa ng karamihan.
Sa halip, magbantay tayo at maging malinaw ang ating pag-
iisip. 7 Sapagkat ang mga natutulog, sa gabi natutulog, at

ang mga naglalasing, sa gabi naglalasing. **8** Ngunit dahil
tayo ay mga anak ng umaga, manatili tayong malinaw ang
pag-iisip. Isuot natin ang baluti ng pananampalataya at
pag-ibig, at ang helmet, na siyang katiyakan sa hinaharap
na kaligtasan. **9** Sapagkat hindi tayo itinalaga ng Diyos
para sa poot, kundi upang matamo ang kaligtasan sa
pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo. **10** Siya ang
namatay para sa atin, nang sa gayon, gising man tayo o
natutulog, mabubuhay tayong kasama niya. **11** Kaya nga
aliwin ninyo ang isa't isa at magpalakasan kayo, gaya ng
inyong ginagawa. **12** Hinihiling namin sa inyo, mga kapatid,
na kilalanin ninyo ang mga gumagawang kasama ninyo at
ang mga nakatataas sa inyo sa Panginoon at ang nagbibigay
ng payo sa inyo. **13** Hinihiling din namin na pag-ukulan ninyo
sila ng lubos na pag-ibig dahil sa kanilang gawain. Maging
payapa kayo sa bawat isa. **14** Hinihikayat namin kayo, mga
kapatid: pagsabihan ninyo ang mga magugulo, palakasin
ang mga pinanghinaan ng loob, tulungan ang mahina at
maging matiyaga para sa lahat. **15** Siguraduhin ninyo na
walang sinuman ang gaganti ng masama para sa masama
sa sino man. Sa halip, pagsikapang matamo ang makakabuti
sa bawat isa at para sa lahat. **16** Magalak kayo lagi. **17**
Manalangin ng walang patid. **18** Magpasalamat kayo sa
lahat ng bagay. Sapagkat ito ang kalooban ng Diyos para sa
inyo kay Cristo Jesus. **19** Huwag hadlangan ang Espiritu. **20**
Huwag hamakin ang mga propesiya. **21** Suriin ang lahat ng
bagay. Panghawakan kung ano ang mabuti. **22** Iwasan ang
bawat anyo ng masama. **23** Nawa ang Diyos ng kapayapaan
ay gawin kayong ganap na banal. Nawa ang buo ninyong
espiritu, kaluluwa, at katawan ay mailaan na walang bahid
sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-Cristo. **24** Tapat ang
tumawag sa inyo, at siya rin ang gagawa ng mga ito. **25** Mga
kapatid, ipanalangin ninyo rin kami. **26** Batiin ninyo ang mga
kapatid ng banal na halik. **27** Hinihiling ko sa inyo sa ngalan
ng Panginoon na ang sulat na ito ay mabasa sa lahat ng
kapatid. **28** Nawa ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-
Cristo ay sumainyo.

# 2 Mga Tesalonica

**1** Mula kina Pablo, Silas, at Timoteo, para sa iglesya
ng mga taga-Tesalonica sa Diyos na ating Ama at sa
ating Paginoong Jesu-Cristo. **2** Sumainyo nawa ang biyaya
at kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama at sa ating
Panginoong Jesu-Cristo. **3** Kami ay dapat magpasalamat
lagi sa Diyos para sa inyo, mga kapatid. Sapagkat ito ang
nararapat, dahil ang inyong pananampalataya ay lumalago,
at ang pag-ibig ng bawat isa sa inyo ay nananagana sa
isa't isa. **4** Kaya sa aming mga sarili ay pinagmamalaki
namin kayo sa mga iglesya ng Diyos. Pinag-uusapan namin
ang tungkol sa inyong pagtitiyaga at pananampalataya sa
kabila ng mga pag-uusig sa inyo. Pinag-uusapan namin
ang tungkol sa mga pagdadalamhiti na inyong tiniis. **5** Ito
ay tanda ng matuwid na paghahatol ng Diyos. Ang resulta
ay ibibilang kayong karapat-dapat sa kaharian ng Diyos
kung saan kayo ay nagdusa. **6** Matuwid para sa Diyos na
ibalik ang pagdadalamhati sa mga nagdulot ng dalamhati
sa inyo, **7** at kaginhawaan sa inyong mga nagdalamhati
na kasama namin. Gagawin niya ito sa pagpapakita ng
Panginoong Jesus mula sa langit kasama ng mga anghel ng
kaniyang kapangyarihan. **8** Sa naglalagablab na apoy siya
ay maghihiganti sa mga hindi kumikilala sa Diyos at sa mga
hindi tumugon sa ebanghelyo ng ating Panginoong Jesus.
**9** Sila ay daranas ng kaparusahan sa walang hanggang
pagkawasak na malayo mula sa presensiya ng Panginoon at
mula sa kaluwalhatian ng kaniyang kapangyarihan. **(aiōnios
g166)** **10** Gagawin niya ito sa kaniyang pagbabalik sa araw
na iyon para maluwalhati sa pamamagitan ng kaniyang
mga tao at para mamangha sa pamamagitan ng lahat na
naniwala. Sapagkat ang aming mga patotoo sa inyo ay
pinaniwalaan. **11** Dahil dito lagi namin kayong ipapanalangin.
Pinapanalangin namin na ibilang kayo ng ating Diyos na
karapat-dapat sa inyong pagkatawag. Pinapanalangin namin
na tuparin niya ang bawat pagnanais ng kabutihan at bawat
gawa ng pananampalataya na may kapangyarihan. **12**
Pinapanalangin namin ang mga bagay na ito upang ang
pangalan ng ating Panginoong Jesus ay maluwalhati sa
pamamagitan ninyo. Pinapanalangin namin na maluwalhati
kayo sa pamamagitan niya, dahil sa biyaya ng ating Diyos at
ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

**2** Ngayon tungkol sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-
Cristo at sa ating pagtitipon nang sama-sama upang
makasama niya: hinihiling namin sa inyo, mga kapatid, **2** na
huwag kaagad kayong mabalisa o mabahala, maging sa
pamamagitan ng espiritu, ng mensahe, o ng sulat na parang
nagmula sa amin, na para bang ang araw ng Panginoon
ay dumating na. **3** Huwag ninyong hayaan na kayo ay
malinlang sa kahit na anong paraan. Sapagkat hindi ito
darating hanggang sa mangyari ang pagbagsak at ang taong
suwail ay maihayag, ang anak ng pagkawasak. **4** Siya ang
kakalaban at itataas ang kaniyang sarili laban sa lahat ng
tinatawag na Diyos o sa mga sinasamba. Bilang resulta, siya
ay uupo sa templo ng Diyos at itatanghal ang sarili bilang
Diyos. **5** Hindi ba ninyo naalala na noong kasama ninyo ako
ay sinabi ko ang mga bagay na ito? **6** Ngayon alam na ninyo
kung ano ang pumipigil sa kaniya, upang siya ay maihayag
sa tamang panahon lamang. **7** Sapagkat ang hiwaga ng
kawalan ng batas ay kumikilos na, may isa lamang na
pumipigil sa kaniya ngayon hanggang sa siya ay maalis. **8**
Pagkatapos ang taong suwail ay maihahayag, na siyang
papatayin ng ating Panginoong Jesus sa pamamagitan ng
hininga ng kaniyang bibig. Dadalhin siya sa kawalan ng ating
Panginoon sa pamamagitan ng pagkahayag ng kaniyang
pagdating. **9** Ang pagdating ng isang Suwail ay dahil sa
gawain ni Satanas ng may buong kapangyarihan, tanda, at
mga maling himala, **10** at panloloko ng kasamaan. Ang mga
bagay na ito ay para sa mga napapahamak, dahil hindi nila
tinanggap ang pag-ibig ng katotohanan para sila ay maligtas.
**11** dito, ipinapadala ng Diyos sa kanila ang gawa ng kamalian
upang sila ay maniwala sa kasinungalingan. **12** Ang resulta
nito ay mahahatulan silang lahat, ang mga hindi naniwala sa
katotohanan sa halip ay nahumaling sa kasamaan. **13** Ngunit
dapat kami laging magpasalamat sa Diyos para sa inyo,
mga kapatid na iniibig ng Panginoon. Sapagkat pinili kayo ng
Diyos bilang unang bunga ng kaligtasan sa pagpapabanal
ng Espiritu at paniniwala sa katotohanan. **14** Ito ang dahilan
kung bakit niya kayo tinawag sa pamamagitan ng ating
ebanghelyo upang matamo ang kaluwalhatian ng ating
Panginoong Jesu Cristo. **15** Kaya nga, mga kapatid, maging
matatag kayo. Hawakang mahigpit ang mga tradisyon na
naituro sa inyo, kahit na sa pamamagitan ng salita o ng
aming sulat. **16** Ngayon, nawa ang ating Panginoong Jesu-
Cristo mismo, at ang ating Diyos Ama na nagmamahal sa
atin at nagbigay sa atin ng walang hanggang kaaliwan at
mabuting pag-asa sa hinaharap sa pamamagitan ng biyaya,
**(aiōnios g166)** **17** ang mag-aliw at magpatatag ng inyong mga
puso para sa mabuting gawa at salita.

**3** At ngayon, mga kapatid, manalangin kayo para sa amin,
na ang salita ng Panginoon ay mapadali at maluwalhati,
gaya ng ginagawa ninyo. **2** Ipanalangin ninyo na mailigtas
kami mula sa mga makasalanan at masasamang tao, dahil
hindi lahat ay may pananampalataya **3** Ngunit tapat ang
Panginoon, na magpapatatag at magbabantay sa inyo mula
sa masama. **4** Mayroon kaming tiwala sa Panginoon tungkol
sa inyo, na pareho ninyong gagawin at ipagpapatuloy ang

mga bagay na iniutos namin sa inyo. 5 Nawa ang Panginoon
ang magpatnubay sa inyong mga puso sa pag-ibig ng Diyos
at sa pagtitiis ni Cristo. 6 Ngayon inuutusan namin kayo,
mga kapatid, sa pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo,
na lumayo kayo sa mga taong tamad sa pamumuhay at
hindi ayon sa mga kaugalian na inyong tinanggap mula sa
amin. 7 Sapagkat inyong nalalaman sa inyong mga sarili na
nararapat ninyo kaming gayahin. Hindi kami namuhay na
nakasama ninyo na katulad ng mga taong ito na walang
disiplina. 8 At hindi kami kumakain ng pagkain ng iba nang
hindi nagbayad para dito. Sa halip, gumagawa kami sa
gabi at araw ng mabibigat na gawain at paghihirap, dahil
ayaw namin na maging pabigat sa inyo. 9 Ginagawa namin
ito hindi dahil sa wala kaming kapangyarihan. Sa halip,
ginagawa namin ito ng maayos upang maging halimbawa sa
inyo, upang kami ay inyong tularan. 10 Nang kami ay kasama
ninyo, iniutos namin sa inyo na, "Kung may isang ayaw
magtrabaho, huwag siyang pakainin." 11 Sapagkat naririnig
namin na ang ilan sa inyo ay tamad. Hindi sila gumagawa
sa halip sila ay nakikialam sa buhay ng iba. 12 Ngayon
inutusan namin sila at hinikayat sa Panginoong Jesu-Cristo,
na sila nga ay gumawa ng may katahimikan at kainin nila
ang kanilang sariling pagkain. 13 Ngunit kayo, mga kapatid,
huwag kayong mapanghinaan ng loob na gawin kung ano
ang tama. 14 Kung mayroon mang hindi sumusunod sa
mga salita na aming isinulat, tandaan ninyo siya at huwag
kayong makisama sa kaniya upang siya ay mahiya. 15
Huwag ninyo siyang ituring na kaaway, ngunit pagsabihan
ninyo siya bilang isang kapatid. 16 Nawa ang Panginoon ng
kapayapaan aymagbigay sa inyo ng kapayapaan sa lahat ng
pagkakataon at sa lahat ng paraan. Nawa ang Panginoon ay
sumainyong lahat. 17 Ito ang aking pagbati, akong si Pablo,
sa aking sariling kamay, kung saan ay tanda sa bawat sulat.
Ganito ako sumulat. 18 Nawa ang biyaya ng Panginoong
Jesu-Cristo ay sumainyong lahat.

# 1 Timoteo

1 Mula kay Pablo, apostol ni Cristo Jesus ayon sa kautusan
ng Diyos na ating tagapagligtas at Cristo Jesus na ating
inaasahan, 2 para kay Timoteo, isang tunay na anak sa
pananampalataya: Biyaya, habag, at kapayapaan mula sa
Diyos Ama at kay Cristo Jesus na ating Panginoon. 3
Katulad ng pinakiusap ko saiyo na gawin mo nang ako
ay papuntang Macedonia, manatili ka sa Efeso upang
mautusan mo ang ilang mga tao na huwag magturo ng ibang
doktrina. 4 Ni pansinin ang mga kwento at mga kasaysayan
ng lahi. Nagdudulot ito ng mga pagtatalo sa halip na
makatulong sa plano ng Diyos, kung saan sa pamamagitan
ng pananampalataya. 5 Ngayon ang layunin ng kautusan
ay pag-ibig mula sa isang dalisay na puso, mula sa isang
mabuting budhi, at mula sa tapat na pananampalataya. 6
May ilang mga tao na hindi naabot ang layunin at tumalikod
sa mga bagay na ito at napunta sa mga walang kabuluhan na
pananalita. 7 Nais nilang maging tagapagturo ng kautusan,
ngunit hindi nila nauunawaan kung ano ang kanilang sinasabi
o kung ano ang kanilang ipinipilit. 8 Ngunit alam natin
na ang kautusan ay mabuti kung ginagamit ito ng ayon
sa batas. 9 At nalalaman natin ito, na ang kautusan ay
hindi ginawa para sa matuwid na tao, kundi sa walang
kinikilalang batas at rebeldeng mga tao, para sa mga hindi
makadiyos, at makasalanan, at sa mga taong walang Diyos
at lapastangan. Ito ay ginawa para sa mga pumapatay ng
kanilang ama at ina, para sa mga mamamatay tao, 10
para sa mga taong mahahalay, at sa mga nakikipagtalik sa
parehong kasarian, at sa mga nangunguha ng mga tao para
gawing mga alipin, para sa mga sinungaling, para sa mga
huwad na saksi, at para sa anumang salungat sa mabuting
alituntunin. 11 Ang mga alituntuning ito ay ayon sa dakilang
ebanghelyo ng mapagpalang Diyos na ipinagkatiwala sa
akin. 12 Nagpapasalamat ako kay Cristo Jesus na ating
Panginoon. Pinapalakas niya ako, sapagkat itinuturing niya
akong tapat, at inilagay niya ako sa paglilingkod. 13 Isa
akong lapastangan sa Diyos, umuusig, at marahas na tao.
Ngunit tumanggap ako ng habag dahil sa hindi ko alam
ang aking ginagawa sa kawalan ng pananampalataya. 14
Ngunit ang biyaya ng ating Panginoon ay nag-uumapaw sa
pananampalataya at pag-ibig na nakay Cristo Jesus. 15 Ang
mensaheng ito ay mapagkakatiwalaan at karapat-dapat na
tanggapin ng lahat, na si Cristo Jesus ay naparito sa mundo
para iligtas ang mga makasalanan. Ako ang pinakamasama
sa mga ito. 16 Ngunit sa dahilang ito nabigyan ako ng
habag, kaya't sa pamamagitan ko, bilang pangunahin, ay
ipapakita ni Cristo Jesus ang buong pagtitiyaga. Ginawa
niya ito bilang isang halimbawa sa mga magtitiwala sa
kaniya para sa buhay na walang hanggan. **(aiōnios g166)** 17
Ngayon sa hari ng walang hanggang panahon, ang walang
kamatayan, hindi nakikita, at nag-iisang Diyos, sa kaniya
ang karangalan at luwalhati magpakailanpaman. Amen.
**(aiōn g165)** 18 Ibinibigay ko ang utos na ito sa iyo, Timoteo,
na aking anak. Ginagawa ko ito ayon sa propesiya na
nasabi tungkol sa iyo noon, upang ikaw ay makipaglaban sa
mabuting pakikipaglaban. 19 Gawin mo ito para magkaroon
ka ng pananampalataya at isang mabuting budhi. Binalewala
ito ng ilang mga tao at natulad sa pagkawasak ng barko
ang kanilang pananampalataya. 20 Tulad nina Himeneo at
Alejandro, na ibinigay ko kay Satanas upang matuto silang
hindi lumapastangan.

2 Kaya una sa lahat, ipinakikiusap ko na ang mga kahilingan,
mga panalangin, mga panalangin para sa iba at mga
pasasalamat ay maipaabot para sa lahat ng tao, 2 para sa
mga hari at sa lahat ng mga nasa kapangyarihan, upang tayo
ay makapamuhay ng mapayapa at tahimik na may buong
kabanalan at karangalan. 3 Ito ay mabuti at katanggap-
tanggap sa harap ng ating Diyos na tagapagligtas. 4
Ninanais niya na ang lahat ng tao ay maligtas at magkaroon
ng kaalaman tungkol sa katotohanan. 5 Sapagkat may
iisang Diyos at iisang tagapamagitan sa Diyos at sa tao,
ang taong si Cristo Jesus. 6 Ibinigay niya ang kaniyang
sarili bilang katubusan sa lahat, bilang patotoo sa tamang
panahon. 7 Sa kadahilanang ito, ako, si Pablo, ay naging
tagapagturo at apostol. Nagsasabi ako ng katotohanan.
Hindi ako nagsisinungaling. Ako ang tagapagturo ng mga
Gentil sa pananampalataya at katotohanan. 8 Kaya, nais ko
na ang lahat ng kalalakihan sa bawat lugar na manalangin
at itaas ang kanilang mga banal na kamay ng walang galit
at mga pag-aalinlangan. 9 Gayundin, nais ko ang mga
kababaihan na magsuot ng nararapat na kasuotan ng may
kahinhinan at pagpipigil sa sarili. Hindi sila dapat magtirintas
ng buhok, o maglagay ng ginto, o perlas, o magsuot ng
mamahaling damit. 10 Nais ko silang magsuot ng kung
ano ang angkop sa mga kababaihan na nagpapahayag ng
pagiging maka-diyos sa pamamagitan ng mga mabubuting
gawa. 11 Dapat matuto ang babae ng may pananahimik at
nang buong pagpapasakop. 12 Hindi ko pinahihintulutan
ang isang babae na magturo o pamahalaan ang isang lalaki
ngunit mamuhay sa katahimikan. 13 Sapagkat unang nilikha
si Adan bago si Eba. 14 At si Adan ay hindi nalinlang, ngunit
lubos na nadaya ang babae sa pagsuway. 15 Gayunman,
maliligtas siya sa pamamagitan ng panganganak, kung
sila ay magpapatuloy sa pananampalataya, sa pag-ibig at
kabanalan na may mahinahon na kaisipan.

3 Ang pahayag na ito ay mapagkakatiwalaan: Kung sinuman
ang nagnanais na maging tagapangasiwa, nagnanais
siya ng mabuting gawa. 2 Kaya ang tagapangasiwa ay
dapat walang kapintasan. Dapat maging asawa siya ng
isang babae. Dapat siya ay mahinahon, matalino, matino, at
magiliw sa mga panauhin. Dapat may kakayahan siyang
magturo. 3 Dapat hindi sugapa sa alak, hindi marahas, kundi
marahan, payapa. Hindi maibigin sa pera. 4 Kailangang
maayos niyang pinamamahalaan ang kaniyang sambahayan,
at kailangang sinusunod siya ng kaniyang mga anak nang
may buong paggalang. 5 Sapagkat kung ang lalaki ay hindi
alam kung paano niya pamahalaan ang kaniyang sariling
sambahayan, paano niya mapangangalagaan ang iglesiya
ng Diyos? 6 Dapat hindi siya baguhang mananampalataya,
upang hindi siya maging mapagmataas at mahulog sa
paghahatol kagaya ng diyablo. 7 Kailangang mabuti rin
ang kaniyang reputasyon sa mga nasa labas, upang hindi
siya mahulog sa kahihiyan at sa bitag ng diyablo. 8
Gayon din, dapat marangal ang mga diakono, hindi dalawa
ang salita. Dapat hindi sila umiinom ng sobrang alak o
maging sakim. 9 Dapat nilang ingatan ang naipahayag
na katotohanan ng pananampalataya na may malinis na
budhi. 10 Dapat mapatunayan muna silang karapat-dapat,
pagkatapos dapat silang maglingkod dahil sila ay walang
sala. 11 Gayun din ang mga babae, dapat maging marangal.
Dapat hindi sila mapanirang-puri. Dapat mahinahon at tapat
sila sa lahat ng bagay. 12 Ang mga diakono ay dapat
maging mga asawa ng isang babae. Dapat mahusay nilang
pinamamahalaan ang kanilang mga anak at sambahayan.
13 Para sa mga naglingkod ng mahusay ay nakamit na nila
para sa kanilang sarili ang mabuting katayuan at malaking
tiwala sa pananampalataya na nakay Cristo Jesus. 14
Sinusulat ko ang mga bagay na ito sa iyo, at umaasa akong
makapunta sa iyo sa lalong madaling panahon. 15 Ngunit
kung maaantala ako, sumusulat ako upang iyong malaman
kung paano kumilos ng wasto sa sambahayan ng Diyos, na
siyang iglesiya ng buhay na Diyos, ang haligi at saligan ng
katotohanan. 16 At hindi maikakaila na ang katotohanang
inihayag ng pagkamaka-diyos ay dakila: “Nagpakita siya sa
laman, pinatunayang matuwid ng Espiritu, nakita ng mga
anghel, ipinahayag sa mga bansa, pinaniwalaan sa mundo,
at itinaas sa kaluwalhatian.”

4 Ngayon maliwanag na sinasabi ng Espiritu na sa
mga huling panahon may mga taong tatalikod sa
pananampalataya at sila ay makikinig sa mga mandarayang
espiritu at sa mga katuruan ng mga demonyo 2 sa
kasinungalingan at pagpapaimbabaw. Ang kanilang mga
budhi ay mamarkahan. 3 Ipagbabawal nila ang pag-aasawa
at pagtanggap ng mga pagkaing nilikha ng Diyos upang
ipamahagi ng mga mananampalataya at nakakaalam ng
katotohanan. 4 Sapagkat lahat ng mga bagay na nilikha
ng Diyos ay mabuti. Walang anuman na tinatanggap natin
nang may pasasalamat ang dapat na tanggihan. 5 Sapagkat
inihahandog ito sa pamamagitan ng salita ng Diyos at
panalangin. 6 Kung iyong ilalagay ang mga bagay na ito sa
harapan ng mga kapatid, ikaw ay magiging mabuting lingkod
ni Jesu-Cristo. Sapagkat ikaw ay pinalakas sa pamamagitan
ng mga salita ng pananampalataya at sa pamamagitan ng
mabuting katuruan na iyong sinunod. 7 Ngunit tanggihan mo
ang mga maka-mundong kuwento na gustong-gusto ng mga
matatandang babae. Sa halip, sanayin mo ang iyong sarili
sa pagiging maka-diyos. 8 Sapagkat ang pagsasanay ng
katawan ay may kaunting pakinabang, ngunit ang pagiging
maka-diyos ay mapapakinabangan sa lahat ng bagay. Ito ay
may pinanghahawakang pangako ngayon at sa buhay na
darating. 9 Ang mensaheng ito ay mapagkakatiwalaan at
lubos na katanggap-tanggap. 10 Sapagkat dahil dito tayo
ay nagsusumikap at gumagawang mainam. Sapagkat may
pagtitiwala tayo sa buhay na Diyos, na siyang Tagapagligtas
ng lahat ng tao, lalo na sa mga mananampalataya. 11
Ipahayag mo at ituro ang mga bagay na ito. 12 Huwag
hayaan ang sinuman na maliitin ang iyong kabataan. Sa
halip, maging halimbawa ka sa mga sumasampalataya, sa
pananalita, pag-uugali, pag-ibig, katapatan, at sa kalinisan.
13 Hanggang sa ako ay dumating, manatili ka sa pagbabasa,
sa pagpapaliwanag, at sa pagtuturo. 14 Huwag mong
pabayaan ang kaloob na nasa iyo, na ipinagkaloob sa iyo sa
pamamagitan ng propesiya, kasama ang pagpapatong ng
mga kamay ng mga nakakatanda. 15 Ingatan mo ang mga
bagay na ito. manatili ka sa mga ito, upang makita ang iyong
pag-unlad ng lahat ng mga tao. 16 Ingatan mo ang iyong
sarili at ang iyong pagtuturo. Magpatuloy ka sa mga bagay
na ito. Sapagkat kung gagawin mo ito, maililigtas mo ang
iyong sarili at sila na nakikinig sa iyo.

5 Huwag mong pagsalitaan nang masama ang lalaking
nakakatanda sa iyo. Sa halip, pangaralan mo siya na
tulad sa ama. Pangaralan mo ang mga nakakabatang
lalaki na parang mga kapatid. 2 Pangaralan mo ang mga
nakatatandang babae na parang ina at mga nakakabatang
babae na parang mga kapatid nang buong kalinisan. 3
Parangalan mo ang mga balo, ang mga tunay na balo. 4
Ngunit kung ang balo ay may mga anak o di kaya mga
apo, matuto muna silang ipakita ang paggalang sa kanilang
sariling sambahayan. Suklian muna nila ang kanilang mga
magulang, sapagkat ito ay kalugod-lugod sa Panginoon. 5
Ngunit ang tunay na balo ay naiwang nag-iisa. Nagtitiwala
siya sa Diyos. Lagi siyang nananatili na may mga kahilingan
at mga panalangin araw at gabi. 6 Gayunman, ang babaeng

namumuhay sa kalayawan ay patay na, kahit na siya ay
nabubuhay pa. 7 At ipangaral mo ang mga bagay na ito
upang sila ay maging walang kapintasan. 8 Ngunit kung
mayroong hindi nagbibigay sa kaniyang sariling kamag-
anak, lalo na sa kaniyang sariling sambahayan, itinanggi
niya ang pananampalataya at mas masahol pa sa hindi
mananampalataya. 9 Itala bilang isang balo ang babaeng
hindi bababa sa animnapu ang edad, asawa ng isang lalaki.
10 Dapat siyang makilala sa kaniyang mabubuting gawa,
maging sa pag-aalaga ng mga bata, o sa pagpapatuloy ng
mga taga-ibang bayan, o sa paghuhugas ng paa ng mga
mananampalataya, o sa pagtulong sa mga nagdurusa, o
sa pagiging tapat sa bawat mabubuting gawain. 11 Ngunit
sa mga mas batang balo, tanggihan mo silang itala sa
listahan. Dahil kapag sila ay bumigay sa pagnanasa ng
laman laban kay Cristo ay nais nilang mag-asawa. 12 Sa
pamamagitan nito, pinahihintulutan nila ang kasalanan dahil
tinalikuran nila ang una nilang pangako. 13 Nasanay din
silang maging tamad. Pumupunta din sila sa mga bahay-
bahay. Hindi lang sila naging tamad, ngunit sila din ay
naging mga mapanirang-puri at naging mapanghimasok.
Sinasabi nila ang mga bagay na hindi nila dapat sabihin. 14
Kaya naman gusto ko ang mga mas batang babae na mag-
asawa, manganak, upang mamahala sa tahanan, upang
hindi mabigyan ng pagkakataon ang kaaway na tayo ay
paratangan sa paggawa ng masama. 15 Dahil may mga ilan
na tuluyan nang tumalikod at napunta na kay Satanas. 16
Kung ang mananampalatayang babae ay may kamag-anak
na mga balo, tulungan niya sila upang ang iglesiya ay hindi
mabigatan at matulungan nito ang tunay na mga balo. 17
Hayaan ang mga nakatatanda na namumuno ng maayos
ay ituring na karapat-dapat sa mas mataas na parangal,
lalo na ang mga gumagawa sa salita at sa pagtuturo. 18
Sapagkat sinasabi sa kasulatan, “Huwag mong bubusalan
ang baka habang gumigiik ng butil,” at “Ang manggagawa
ay karapat-dapat sa kaniyang kabayaran.” 19 Huwag kang
tatanggap ng paratang laban sa nakatatanda maliban na
lang kung may dalawa o tatlong saksi. 20 pagsabihan mo
ang mga makasalanan sa harapan ng lahat upang matakot
ang iba. 21 Taimtim kong inuutos sa iyo sa harap ng Diyos,
ni Cristo Jesus, at ng mga piling anghel na ingatan mo ang
mga kautusang ito ng walang kinikilingan, at gawin mo ito
ng walang tinatangi. 22 Huwag mo kaagad ipatong ang
iyong kamay kaninuman. Huwag kang makibahagi sa mga
kasalanan ng ibang tao. Panatilihin mong dalisay ang iyong
sarili. 23 Huwag lamang tubig ang iyong inumin. Sa halip
uminom ka ng konting alak para sa iyong sikmura at sa
iyong madalas na pagkakasakit. 24 Ang mga kasalanan ng
ibang tao ay lantaran at nauuna ito sa kanila bago pa sa
hukuman. Ngunit ang ibang mga kasalanan ay sumusunod
pagkatapos na. 25 Gayon din naman, ang ibang mabubuting
gawa ay lantaran, ngunit may mga ilan na hindi maitatago.

6 Hayaan ang lahat ng nasa ilalim ng pamatok ng pagiging
mga alipin na kilalanin nila ang kanilang mga amo ng
karapat-dapat sa buong paggalang. Dapat nilang gawin
ito upang ang pangalan ng Diyos at ang katuruan ay
hindi malapastangan. 2 Ang mga alipin na may among
mananampalataya ay huwag silang lapastanganin dahil sila
ay magkapatid. Sa halip, sila ay dapat paglingkurang mabuti.
Sapagkat ang mga amo na natutulungan nila sa kanilang
gawain ay mga mananampalataya at minamahal. Ituro mo
at ipahayag ang mga bagay na ito. 3 Kung mayroong
magtuturo ng kakaiba at hindi tinanggap ang ating tapat
na tagubilin, na ang mga Salita ng ating Panginoong Jesu-
Cristo. Kung hindi nila tanggapin ang katuruan na nagdadala
sa pagiging maka-diyos. 4 Ang taong ito ay mapagmataas at
walang nalalaman. Sa halip, sakit na niya ang manuligsa at
makipagtalo tungkol sa mga salita. Ang mga salitang ito
ay humahantong sa pagkainggit, pagtatalo, mga insulto,
mga masamang akala, at 5 patuloy na pag-aawayan sa
pagitan ng mga taong baluktot ang mga pag-iisip. Tumalikod
sila sa katotohanan. Iniisip nila na ang pagiging maka-
diyos ay isang paraan upang yumaman.” 6 Ngayon ang
pagiging maka-diyos na may kapanatagan ay may malaking
pakinabang. 7 Sapagkat wala tayong dinalang anuman dito
sa mundo. wala rin tayong madadala na anumang bagay.
8 Sa halip, masiyahan tayo sa pagkain at pananamit. 9
Ngayon sa mga gustong yumaman mahuhulog sila sa tukso,
sa isang bitag. Sila ay mahuhulog sa kamangmangan at
masamang pagnanasa, at sa anumang sisira at wawasak sa
mga tao. 10 Sapagkat ang pag-ibig sa pera ay ugat ng lahat
ng uri ng kasamaan. Ang ilang mga taong nagnais nito ay
nailigaw sa kanilang pananampalataya at tinutusok nila ang
kanilang sarili nang labis na kapighatian. 11 Ngunit ikaw, na
lingkod ng Diyos, layuan mo ang mga bagay na ito. Sikapin
mo ang katuwiran, pagiging maka-diyos, katapatan, pag-
ibig, pagtitiis, at kahinahunan, 12 Lumaban ka ng mabuting
pakikipaglaban sa pananampalataya. Panghawakan mo
ang buhay na walang hanggan kung saan ka tinawag.
Tungkol dito nagpatotoo ka sa harap ng maraming mga
saksi kung ano ang mabuti. **(aiōnios g166)** 13 Ibinibigay
ko sa iyo ang utos na ito sa harap ng Diyos, na siyang
dahilan nang lahat ng bagay para mabuhay, at sa harapan
ni Cristo-Jesus, na siyang nagsabi ng katotohanan kay
Poncio Pilato: 14 ingatan mong mabuti ang mga kautusan,
ng walang kapintasan, hanggang sa pagpapakita ng ating
Panginoong Jesu- Cristo. 15 Ipapahayag ng Diyos ang
kaniyang pagpapakita sa tamang panahon—ang Diyos,

ang Pinagpala, ang nag-iisang kapangyarihan, ang Hari na
siyang naghahari, ang Panginoong namumuno. **16** Siya
lamang ang walang kamatayan at nananahan sa hindi
malapitang liwanag. Walang sinumang tao na nakakita sa
kaniya o kaya ay may kakayahang makita siya. Sa kaniya
ang karangalan at walang hanggang kapangyarihan. Amen.
**(aiōnios g166)** **17** Sabihin mo sa mayayaman sa mundong ito
na huwag magmataas, at huwag umasa sa kayamanan, na
walang katiyakan. Sa halip, dapat silang umasa sa Diyos.
Na nagkakaloob sa atin ng tunay na kayamanan upang
ikagalak. **(aiōn g165)** **18** Sabihin mo sa kanila na gumawa
ng mabuti, at magpakayaman sa mabubuting mga gawa,
maging mapagbigay, at handang mamahagi. **19** Sa paraang
iyan, sila ay mag-iipon para sa kanilang sarili ng mabuting
pundasyon sa kung anong darating, upang makamit nila
ang tunay na buhay. **20** Timoteo, pangalagaan mo kung
ano ang mga naibigay sa iyo. Umiwas ka sa mga walang
kabuluhang mga usapan at mga pagtutuligsa na sinasabing
maling kaalaman. **21** May ibang mga tao na nagpapahayag
ng mga bagay na ito kaya marami sa kanila ang nailihis sa
pananampalataya. Sumasaiyo nawa ang biyaya.

# 2 Timoteo

**1** Mula kay Pablo, na isang apostol ni Cristo Jesus sa
pamamagitan ng kalooban ng Diyos, ayon sa pangako
ng buhay na nakay Cristo Jesus, **2** para kay Timoteo,
pinakamamahal na anak: Biyaya, habag, at kapayapaan
mula sa Diyos Ama at kay Cristo Jesus na ating Panginoon.
**3** Nagpapasalamat ako sa Diyos, na aking pinaglilingkuran
mula pa sa aking mga ninuno, na may malinis na budhi,
habang patuloy kitang inaalala sa aking mga panalangin. Gabi
at araw, **4** nananabik akong makita ka, upang maaari akong
mapuno ng kagalakan. Naaalala ko ang iyong mga pagluha.
**5** Napaalalahanan ako sa tapat mong pananampalataya na
unang ipinamuhay ng iyong lola na si Loida at ng iyong ina
na si Eunice. At natitiyak ko na ipinapamuhay mo rin ito. **6** Ito
ang dahilan na pinapaalalahanan kita na pagningasin muli
ang kaloob ng Diyos sa iyo sa pamamagitan ng pagpatong
ko ng aking mga kamay. **7** Sapagkat hindi tayo binigyan ng
Diyos ng espiritu ng pagkatakot, kundi ng kapangyarihan,
pag-ibig at disiplina. **8** Kaya huwag mong ikakahiya ang
magpatotoo tungkol sa ating Panginoon, maging ako, si
Pablo, na kaniyang bilanggo. Sa halip, makibahagi sa
pagdurusa para sa ebanghelyo ayon sa kapangyarihan ng
Diyos. **9** Ang Diyos ang nagligtas sa atin at tumawag sa
atin sa banal na pagkatawag. Ginawa niya ito, hindi ayon
sa ating mga gawa, ngunit ayon sa kaniyang layunin at
biyaya. Ibinigay niya ang mga bagay na ito sa atin kay Cristo
Jesus bago pa ang pasimula ng panahon. **(aiōnios g166)** **10**
Ngunit ngayon naihayag na ang pagliligtas ng Diyos sa
pamamagitan ng pagpapakita ng ating Panginoong Jesu-
Cristo. Si Cristo ang siyang naglagay ng hangganan sa
kamatayan at nagdala ng buhay na walang hangganan
upang magliwanag sa pamamagitan ng ebanghelyo. **11**
Dahil dito, ako ay hinirang na tagapangaral, isang apostol, at
tagapagturo. **12** Dahil dito ako din ay nagdurusa sa mga
bagay na ito. Ngunit hindi ako nahiya, sapagkat kilala ko ang
aking pinaniwalaan. Natitiyak ko na kaya niyang ingatan ang
anumang bagay na ipinagkatiwala ko sa kaniya hanggang
sa araw na iyon. **13** Ingatan mo ang mga halimbawa ng
mga tapat na mensaheng narinig mo sa akin, kasama ang
pananampalataya at pag-ibig na nakay Cristo Jesus. **14**
Ang mabuting bagay na ipinagkatiwala ng Diyos sa iyo,
bantayan mo ito sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, na
namumuhay sa atin. **15** Alam mo ito, na lahat ng nakatira sa
Asya ay tumalikod sa akin. Sa grupong ito ay sina Figelo
at Hermogenes. **16** Kahabagan nawa ng Panginoon ang
sambahayan ni Onesiforo, sapagkat madalas niya akong
pinalalakas at hindi niya ikinahiya ang aking kadena. **17**
Sa halip, noong nasa Roma siya, masigasig niya akong
hinanap, at natagpuan niya ako. **18** Ang Panginoon nawa
ang magkaloob sa kaniya upang kaniyang masumpungan
ang habag sa araw na iyon. At alam mo ng lubusan ang
lahat ng paraan ng pagtulong niya sa akin sa Efeso.

**2** Kaya ikaw, anak ko, maging matatag ka sa biyayang
nakay Cristo Jesus. **2** At ang mga bagay na narinig
mo sa akin kasama ng maraming saksi, ipagkatiwala mo
ang mga ito sa mga tapat na tao na kaya ring magturo
sa iba. **3** Samahan mo ako sa pagdurusa at paghihirap,
tulad ng isang mabuting sundalo ni Cristo Jesus. **4** Walang
sundalo ang naglilingkod habang nakatali sa mga bagay ng
buhay na ito, upang sa ganoon kalugdan siya ng kaniyang
mataas na opisyal. **5** Gayundin naman, kung sinuman ang
makipagpaligsahan tulad ng isang manlalaro, hindi siya
kokoronahan maliban kung siya ay makipagpaligsahan ayon
sa mga alituntunin. **6** Kinakailangang ang isang masipag na
magsasaka ay maunang tatanggap ng kaniyang bahagi sa
ani. **7** Isipin mo ang tungkol sa aking sinasabi, sapagkat ang
Panginoon ang magbibigay sa iyo ng pang-unawa sa lahat
ng bagay. **8** Alalahanin mo si Jesu-Cristo, mula sa binhi ni
David, na binuhay mula sa mga patay. Ayon ito sa aking
mensahe ng ebanghelyo, **9** kung saan ako ay nagdurusa
na humantong sa pagkakadena sa akin na parang isang
kriminal. Ngunit ang salita ng Diyos ay hindi nakatanikala. **10**
Kaya tinitiis ko ang lahat ng bagay para sa mga pinili, upang
matamo din nila ang kaligtasan na nakay Cristo Jesus, na
may kaluwalhatian na walang hanggan. **(aiōnios g166)** **11**
Ang kasabihang ito ay mapagkakatiwalaan, “Kung namatay
tayong kasama niya, mabubuhay din tayo kasama niya. **12**
Kung magtitiis tayo, maghahari din tayong kasama niya.
Kung ikakaila natin siya, ikakaila din niya tayo. **13** Kung
hindi tayo tapat, nananatili siyang tapat, sapagkat hindi niya
maaaring ipagkaila ang kaniyang sarili.” **14** Palagi mo silang
paalalahanan ng mga bagay na ito. Pagsabihan mo sila
sa harap ng Diyos na huwag makipag-away tungkol sa
mga salita. Dahil, walang mapapakinabangan dito. Dahil
dito may pagkawasak para sa mga nakikinig. **15** Gawin mo
ang lahat mong makakaya upang iharap ang iyong sarili na
karapat-dapat sa Diyos bilang isang manggagawang walang
dapat ikahiya. Panghawakan mo ng tama ang salita ng
katotohanan. **16** Iwasan ang usapang malaswa, na siyang
nagiging daan sa higit pang kawalan ng pagkilala sa Diyos. **17**
Ang kanilang salita ay kakalat tulad ng ganggrena. Kabilang
dito sina Himeneo at Fileto. **18** Sila ang mga lalaking nalihis
sa katotohanan. Sinasabi nila na ang muling pagkabuhay
ay nangyari na. Ginugulo nila ang pananampalataya ng
ilan. **19** Gayunman, nakatayo ang matibay na pundasyong
itinatag ng Diyos. Mayroon itong tatak na ganito: “Nakikilala
ng Panginoon kung sino ang mga kaniya” at “Bawat isang

tumatawag sa pangalan ng Panginoon ay dapat lumayo
sa kasamaan” 20 Sa mayamang tahanan, hindi lamang
lalagyang yari sa ginto at pilak ang naroon. May mga
lalagyan ding yari sa kahoy at putik. Ang ilan sa mga ito ay
ginagamit sa marangal ngunit ang ilan ay sa hindi marangal.
21 Kung sinuman ang maglinis ng kaniyang sarili mula sa
hindi marangal na pagkakagamit, siya ay isang marangal
na lalagyan. Siya ay ibinukod, kagamit-gamit sa kaniyang
Panginoon, at inihanda para sa bawat mabuting gawain.
22 Lumayo sa mga makalamang pagnanasa ng kabataan.
Pagsikapan na matamo ang katuwiran, pananampalataya,
pag-ibig, at kapayapaan kasama ang mga tumatawag sa
Panginoon mula sa malinis na puso. 23 Ngunit tanggihan ang
mga walang kabuluhan at mangmang na mga katanungan.
Alam mo na hahantong ang mga ito sa pagtatalo. 24 Hindi
dapat nakikipag-away ang lingkod ng Panginoon. Sa halip
dapat siyang maging marahan sa lahat, may kakayahang
magturo, at matiyaga. 25 Dapat niyang turuan ang mga
sumasalungat sa kaniya ng may kababaang-loob. Baka
sakaling pagkalooban sila ng Diyos ng pagsisisi para sa
pagkaalam sa katotohanan. 26 Maliliwanagan muli ang
kanilang isip at makakawala sa bitag ng diyablo, pagkatapos
na sila ay kaniyang bihagin para sa kaniyang kalooban.

**3** Ngunit alamin ito: na sa mga huling araw ay magkakaroon
ng kahirapan. 2 Sapagkat ang mga tao ay magiging
makasarili, maibigin sa pera, mayabang, hambog, mga
lapastangan, suwail sa mga magulang, walang utang na
loob, at hindi banal. 3 Sila ay mawawalan ng likas na pag-
ibig, hindi mapayapa, mga mapanira, walang pagpipigil sa
sarili, marahas, hindi maibigin sa mabuti. 4 Sila ay magiging
mga taksil, matigas ang ulo, palalo, maibigin sa kalayawan
sa halip na maibigin sa Diyos. 5 Magkukunwari silang
mga maka-diyos ngunit itatanggi nila ang kapangyarihan
nito. Layuan mo ang mga taong ito. 6 Sapagkat ilan sa
kanila ay pumapasok sa mga bahay at nang-aakit ng mga
mangmang na babae. Ang mga babaeng ito ay patong-
patong ang mga kasalanan at natatangay ng iba't-ibang
pagnanasa. 7 Ang mga babaeng ito ay palaging nag-aaral,
ngunit kahit kailan wala silang kakayahang magkaroon ng
pang-unawa sa katotohanan. 8 Sa ganoon ding paraan na
tulad ni Janes at Jambres na sumalungat kay Moises. Sa
paraang ito ang mga bulaang tagapagturo ay sumalungat
din sa katototohanan. Sila ang mga kalalakihan na nasira
ang kaisipan, hindi sang-ayon sa pananampalataya. 9
Ngunit hindi sila uunlad. Sapagkat mahahayag ang kanilang
kahangalan sa lahat, tulad ng mga kalalakihang ito. 10
Ngunit para sa iyo, sinunod mo ang aking mga katuruan,
pag-uugali, layunin, pananampalataya, mahabang pagtitiis,
pag-ibig, pagtitiyaga, 11 pag-uusig, pagtitiis, at kung ano ang
nangyari sa akin sa Antioquia, Iconio, at Listra. Tiniis ko
ang mga pag-uusig. Sa lahat ng mga ito, ay sinagip ako ng
Panginoon. 12 Ang lahat ng gustong mamuhay ng matuwid
kay Cristo Jesus ay uusigin. 13 Ang masasamang tao at ang
mga mapagpanggap ay mas lalong lalala. Ililigaw nila ang
iba. Sila mismo ay maililigaw. 14 Ngunit para sa iyo, manatili
ka sa mga bagay na iyong natutunan at matibay mong
pinaniniwalaan. Alam mo kung kanino ka natuto. 15 Alam mo
na mula sa iyong kabataan nalaman mo na ang sagradong
kasulatan. Ang mga ito ang nagbibigay karunungan sa iyo
para sa kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay
Cristo Jesus. 16 Lahat ng kasulatan ay kinasihan ng Diyos.
Ito ay mapapakinabangan sa pangangaral, sa pagsaway,
pagtatama sa mali, at pagsasanay sa katuwiran. 17 Ito ay
upang ang lingkod ng Diyos ay magkaroon ng kakayahan, at
mabigyan ng kasangkapan sa lahat ng mabuting gawa.

**4** Ibinibigay ko ang taimtim na kautusang ito sa harap
ng Diyos at ni Cristo Jesus, na siyang hahatol sa mga
buhay at sa mga patay, at dahil sa kaniyang pagpapakita at
sa kaniyang kaharian. 2 Ipangaral mo ang Salita. Maging
handa kung ito ay napapanahon at kung hindi napapanahon.
Pagwikaan, pagsalitaan, at pangaralan mo sila ng may
buong pagtitiyaga at pagtuturo. 3 Sapagkat darating ang
panahon kung saan hindi na matitiis ng mga tao ang mga
totoong aral. Sa halip, tatambakan nila ang kanilang mga
sarili ng mga guro na naayon sa kanilang mga nais. Makikiliti
sila sa kanilang pakikinig. 4 Tatalikod sila sa pakikinig sa
katotohanan, at makikinig sila sa mga alamat. 5 Ngunit ikaw,
maging mahinahon ka sa lahat ng bagay, pagtiisan mo ang
paghihirap, gawin mo ang gawain ng isang ebanghelista,
tuparin mo ang iyong paglilingkod. 6 Sapagkat ako ay
ibinubuhos na. Dumating na ang araw ng aking pag-alis. 7
Nakipaglaban ako ng mabuti sa paligsahan, natapos ko ang
aking takbuhin, napanatili ko ang pananampalataya. 8 Ang
korona ng katuwiran ay nakalaan na para sa akin, na ibibigay
sa akin ng Panginoon, ang matuwid na hukom, sa araw na
iyon. At hindi lamang sa akin ngunit sa lahat din ng umiibig
sa kaniyang pagpapakita. 9 Gawin mo ang iyong makakaya
upang makarating agad sa akin. 10 Sapagkat iniwan ako
ni Demas. Iniibig niya ang kasalukuyang mundong ito at
pumunta sa Tesalonica. Pumunta si Cresente sa Galacia, at
pumunta si Tito sa Dalmacia. (aiōn g165) 11 Si Lucas lamang
ang kasama ko. Dalhin mo si Marcos at isama mo dahil
malaki ang naitutulong niya sa akin sa gawain. 12 Pinapunta
ko si Tiquico sa Efeso. 13 Dalhin mo kapag pupunta ka dito
ang balabal na iniwan ko sa Troas kasama si Carpus at
ang mga aklat, lalo na ang mga sulatan. 14 Si Alejandro
na panday ay nagpakita ng maraming masasamang gawa
laban sa akin. Ang Panginoon ang maniningil sa kaniya ayon

sa kaniyang mga gawa. 15 Bantayan mo din ang iyong sarili
laban sa kaniya, sapagkat labis niyang sinasalungat ang
ating mga salita. 16 Sa una kong pagtatanggol ay walang
nanatili sa akin. Sa halip, iniwan ako ng lahat. Hindi sana ito
maibilang laban sa kanila. 17 Ngunit nanatili ang Panginoon
sa akin at ako ay pinalakas upang sa pamamagitan ko, ang
pagpapahayag ay ganap na matupad at upang marinig ng
lahat ng mga Gentil. Sinagip ako mula sa bibig ng leon.
18 Sasagipin ako ng Panginoon sa bawat masasamang
gawa at ililigtas ako para sa kaniyang kaharian sa langit.
Sa kaniya ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen. **(aiōn
g165)** 19 Batiin mo si Priscila, si Aquila at ang sambahayan ni
Onesiforo. 20 Nanatili si Erasto sa Corinto ngunit iniwan ko
si Tropimo na may sakit sa Mileto. 21 Gawin mo ang iyong
makakaya na makarating bago ang taglamig. Binabati kayo
ni Eubulo, gayundin si Pudente, Lino, Claudia at lahat ng
mga kapatid. 22 Sumainyo nawa ang Panginoon sa Espiritu.
Ang biyaya nawa ay sumainyo.

# Tito

1 Pablo, isang lingkod ng Diyos at isang apostol ni Jesu-
Cristo, para sa pananalig ng mga pinili ng Diyos at
sa kaalaman ng katotohanang naaayon sa kabanalan.
2 Ang mga ito ay nasa pagtitiwala sa buhay na walang
hanggan na ang Diyos, siyang walang pagsisinungaling, ay
ipinangako bago ang lahat ng panahon. **(aiōnios g166)** 3 At
sa takdang panahon, ipinahayag niya ang kanyang salita
sa mensahe na ipinagkatiwala sa akin upang isalaysay.
Ginawa ko ito dahil sa utos ng Diyos na ating tagapagligtas.
4 Kay Tito, isang tunay na anak sa ating pangkalahatang
pananampalataya. Biyaya, awa at kapayapaan mula sa
Diyos Ama at tagapagligtas na si Cristo Jesus. 5 Para
sa ganitong layunin iniwan kita sa Creta, upang ikaw ang
maaaring mag-ayos ng mga bagay na hindi pa natapos at
magtalaga ng mga nakatatanda sa bawat lungsod gaya
ng iniutos ko sa iyo. 6 Ang isang nakatatanda ay dapat
walang kapintasan, may iisang asawa, mayroong masunurin
na mga anak hindi naparatangan ng pagiging masama o
matigas ang ulo. 7 Kinakailangan para sa tagapangasiwa,
bilang tagapamahala ng sambahayan ng Diyos, ay walang
kapintasan. Hindi dapat matabil at walang pagpipigil sa
sarili. Hindi madaling magalit, hindi lulon sa alak, hindi isang
palaaway, at hindi isang taong sakim. 8 Subalit dapat bukas
ang kaniyang tahanan sa mga panauhin at isang kaibigan ng
mabuti. Dapat siya ay matino, matuwid, makadiyos, at may
pagpipigil sa sarili. 9 Dapat siya ay matibay na nananangan
sa naiturong mapakakatiwalaang mensahe, upang yaon siya
ay maaaring magpalakas sa mga iba pa sa pamamagitan ng
mabuting katuruan, at maituwid yaong mga sumasalungat
sa kanya. 10 Dahil marami ang taong naghihimagsik, lalo na
sa yaong mga tuli. Walang silbi ang kanilang mga salita.
Nililinlang nila at pinamumunuan ang mga tao sa maling
dako. 11 Kinakailangan pigilan ang kanilang mga labi. Sila
ay nagtuturo ng hindi dapat ituro para sa kahiya-hiyang
kapakinabangan at winawasak ang mga pamilya. 12 Isa sa
kanila, isang matalinong tao mula sa kanila, ang nagsabi
“Ang mga Creto ay walang tigil sa pagsisinungaling, masama
at mapanganib na mga hayop, tamad ang mga sikmura.” 13
Ang pahayag na ito ay totoo, kaya mahigpit mo silang iwasto
sa gayon sila ay maaaring maayos sa pananampalataya. 14
Huwag paglaanan ng pansin ang mga kathang isip ng Judio
o sa mga kautusan ng mga taong tumalikod sa katotohan.
15 Sa yaong mga dalisay, lahat ng mga bagay ay dalisay.
Ngunit sa yaong mga marumi at hindi naniniwala ay walang
kadalisayan. Sapagkat ang kanilang mga pag-iisip at mga
budhi ay madumi. 16 Sinasabi nila na kilala ang Diyos,
ngunit kanilang itinatatwa siya sa pamamagitan ng kanilang
mga gawa. Sila ay kasuklam-suklam at masuwayin. Sila ay
tumututol sa anumang mabuting gawa.

2 Ngunit ikaw, sabihin ang tama kasama ng tapat na
pagtuturo. 2 Ang mga nakatatandang lalake ay dapat
maging mahinahon, marangal, matino, nasa tamang
pananampalataya, sa pag-ibig, at sa katiyagaan. 3 Ang mga
nakatatandang babae gayon din dapat laging ipakilalang
sila rin ay kagalang-galang at hindi mga tsismosa. Sila
ay hindi dapat inalipin ng sobrang alak. Sila ay dapat
nagtuturo ng kung ano ang mabuti 4 upang masanay ang
mga nakababatang babae sa matinong pagmamahal sa
kanilang sariling mga asawa at mga anak. 5 Sila ang
dapat magsanay sa kanila na maging matino, dalisay,
mga mabuting tagapangalaga ng tahanan at masunurin
sa kanilang sariling mga asawa. Dapat nilang gawin ang
mga bagay na ito upang ang Salita ng Diyos ay hindi
maalipusta. 6 Sa parehong paraan, himukin ninyo ang mga
nakababatang lalake upang maging matino. 7 Sa lahat
ng paraan, ihayag ang inyong sarili bilang isang huwaran
ng mabubuting gawa; at kapag nagtuturo kayo, ipakita
ang katapatan at karangalan. 8 Magpahayag ng isang
mensahe na nakapagpapalakas at walang kapintasan, kaya
yaong sinuman ang sumasalungat ay mapahiya, dahil wala
siyang masamang masasabi tungkol sa atin. 9 Ang mga
alipin ay dapat sumunod sa kanilang amo sa lahat ng
bagay. Sila ay dapat magbigay-lugod at hindi mangatwiran
sa kanila. 10 Hindi sila dapat mangupit. Sa halip, dapat
silang magpakita ng lahat ng mabuting pananalig, upang
sa lahat ng paraan, sila ay magpaganda sa ating katuruan
tungkol sa Diyos na ating tagapagligtas. 11 Pagkat ang
biyaya ng Diyos ay nahayag sa lahat ng tao. 12 Ito ay
nagsasanay sa atin na tumanggi sa walang kabanalan at
makamundong pagkahumaling. Ito ang nagsanay sa ating
mamuhay ng matino, makatarungan at sa makadiyos na
paraan sa kapanahunan ngayon **(aiōn g165)** 13 habang tayo
ay nag-aabang sa pagtanggap ng ating pinagpalang pag-
asa, ang kahayagan ng kaluwalhatian ng ating dakilang
Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo. 14 Ibinigay ni Jesus
ang kanyang sarili para sa atin upang tubusin tayo sa lahat
ng kawalan ng batas at gawing dalisay, para sa kanyang
sarili, isang natatanging mga tao na sabik sa paggawa
ng mabubuti. 15 Ipahayag mo at ang lahat ng mga ito
sa pagpalakas ng loob. Magbigay ng pag-aayos kasama
lahat ng kapangyarihan. Huwag mong hayaang may isang
magpasawalang bahala sa iyo.

3 Ipaalala sa kanila na magpasakop sa mga namumuno
at may kapangyarihan, upang sundin sila, para maging
handa sa lahat ng mabuting gawa. 2 Paalalahanan sila wag

manglait nang sinuman, iwasan ang pagtalo-talo, hayaan
ang ibang mga tao sa kanilang pamamaraan, at magpakita
ng kababaan ng loob sa lahat ng tao. **3** Minsan tayo ay
naging pabaya at suwail. Dati tayo ay naligaw at inalipin
sa iba't ibang mga pagkahumaling at kasiyahan. Namuhay
tayo sa kasamaan at inggit. Tayo ay kasuklam-suklam at
kinamuhian ang isa't-isa. **4** Ngunit kapag ang kabutihan at
pagmamahal ng ating Diyos na tagapagligtas ay nalantad
sa sangkatauhan, **5** eto ay hindi sa pamamagitan na ating
makatuwirang mga nagawa, kundi dahil sa kanyang habag
kaya tayo ay naligtas. Niligtas nya tayo sa pamamagitan ng
paghuhugas ng bagong kapanganakan at pagpapabago sa
pamamagitan ng Banal na Espirito. **6** Masaganang binuhos
ng Panginoon sa atin ang Banal na Espirito sa pamamagitan
ng ating Tagapagligtas na si Jesu Cristo. **7** Ginawa Nya
ito, upang, ang mga pinawalang sala sa pamamagitan
ng kanyang biyaya, tayo'y maaring maging kabahagi sa
kasiguraduhan ng buhay na walang hanggan. **(aiōnios g166)**
**8** Itong mensahe na ito ay mapagkakatiwalaan. Gusto ko
kayong magsalita ng may kalakasan ng loob tungkol sa
mga bagay na ito, Nang sa gayon ang mga nagtitiwala
sa Diyos ay maghangad ng mabubuting gawa na nilagay
Niya bago sa kanila. Ang mga bagay na ito ay maganda at
kapakipakinabang para sa lahat ng tao. **9** Ngunit iwasan ang
kawalang katuturan na pagtatalo at mga pagkakasunod-
sunod ng lahi at pagkakagalit-galit at hindi pagkakasundo
tungkol sa mga batas. Ang mga bagay na iyon ay walang
halaga at hindi kapakipakinabang. **10** Itanggi ang sinumang
nagdudulot ng pagkahati-hati sa inyo, pagkatapos ng isa
o dalawang babala, **11** at ipaalam na ang taong ito ay
tumalikod sa tamang daan at nagkakasala at sinumpa ang
kanyang sarili. **12** Nang pinapunta ko sa inyo sila Artemas at
Tychicus, magmadali at sumama kayo sa akin sa Nicopolis,
kung saan ako nagpasyang magpalipas ng tag-lamig. **13**
Magmadali at papuntahin si Zenas, ang dalubhasa sa batas,
at si Apollos, nang sa gayon wala ng kakulangan. **14** Ang
ating mga tao dapat matutunan ang makisali sa paggawa ng
mabuti na tumutugon sa mga agarang pangangailangan
upang sila ay maging mabunga. **15** lahat ng mga kasama ko
ay bumabati sa inyo. Batiin ninyo ang lahat ng nagmamahal
sa atin dahil sa pananampalataya. Sumainyo lahat ang
biyaya.

# Filemon

1 Si Pablo, isang bilanggo kay Jesu-Cristo, at kapatid na
Timoteo, kay Filemon, aming minamahal na kaibigan at
kamanggagawa, 2 at kay Apia aming kapatid na babae, at kay
Arquipo aming kapwa kawal, at sa mga mananampalataya na
nagtitipon sa iyong tahanan: 3 Biyaya sa inyo at kapayapaan
mula sa Diyos ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo. 4
Lagi kong pinasasalamatan ang aking Diyos. Binabanggit
kita sa aking mga panalangin. 5 Narinig ko ang pagmamahal
at pananampalataya na mayroon ka sa Panginoong Jesus at
sa lahat ng mananampalataya. 6 Ipinapanalangin ko na ang
pakikisama ng iyong pananampalataya ay maging mabisa
para sa kaalaman ng lahat ng mabuting bagay na sumasa-
atin kay Cristo. 7 Sapagkat ako'y lubhang nagagalak at
nagiginhawaan sa iyong pag-ibig, dahil ang mga puso ng
mga mananampalataya ay pumayapa sa pamamagitan mo,
kapatid. 8 Kaya kahit na mayroon akong lahat ng katapangan
kay Cristo na utusan ka kung ano ang dapat mong gawin, 9
sa halip dahil sa pag-ibig, ako ay nakikiusap sa iyo- ako, si
Pablo, isang matandang lalaki, at ngayon isang bilanggo
para kay Cristo Jesus. 10 Ako ay nakikiusap sa iyo tungkol sa
aking anak na si Onesimo, ako'y naging ama niya sa aking
pagkakagapos. 11 Dahil minsan siyang walang pakinabang
sa iyo, pero ngayon ay kapaki-pakinabang na sa iyo at sa
akin. 12 Pinadala ko siya—ang aking puso—muli sa iyo. 13
Nais ko sanang manatili siya sa aking piling, upang siya ang
maglingkod sa akin kahalili mo, habang ako ay naka-tanikala
alang-alang sa ebanghelyo. 14 Ngunit ayaw kong gumawa
ng anumang bagay na wala ang iyong pahintulot. Ginawa
ko ito para anumang mabuting gawain ay mula sa sarili
mong kagustuhan at hindi dahil pinilit kita. 15 Marahil ang
dahilan kaya siya nahiwalay sa iyo sandali, ay upang siya
ay matanggap mong muli magpakailanman. **(aiōnios g166)**
16 Hindi bilang isang alipin, ngunit higit sa pagiging isang
alipin, bilang minamahal na kapatid—lalo na sa akin, at lalo
pa para sa iyo, kapwa sa laman at sa Panginoon. 17 At sa
gayon kung ako ay tinuturing mong katuwang, tatanggapin
mo siya katulad ng pangtanggap mo sa akin. 18 Pero kung
siya man ay nagkamali sa iyo sa anumang paraan o anuman
ang utang sa iyo, sa akin mo iyon singilin. 19 Ako, si Pablo,
sinulat ko ito sa pamamagitan ng aking sariling kamay: ako
ang magbabayad sa iyo. Hindi ko na binabanggit sa iyo na
utang mo sa akin ang iyong buhay. 20 Oo, kapatid, hayaan
mo akong magkaroon ng ilang kagalakan sa Panginoon
mula sa iyo; pasiglahin mo ang aking puso kay Kristo. 21
Dahil nagtitiwala sa iyong pagsunod, sumulat ako sa iyo na
alam kong magagawa mo ang higit pa sa aking hinihiling.
22 Gayun din, maghanda ng silid panauhin para sa akin,
umaasa ako na sa pamamagitan ng inyong mga panalangin
ako ay makakadalaw sa inyo agad. 23 Si Epafras, aking
kapwa bilanggo kay Kristo Jesus, ay bumabati sa inyo,
24 gayun din sina Marcos, Aristarco, Demas, Lucas, mga
kamanggagawa ko. 25 Nawa ang pagpapala ng Panginoong
Jesu Cristo ay mapasa-inyong espiritu. Amen.

# Mga Hebreo

**1** Noon unang panahon, nakipag-usap ang Diyos sa
ating mga ninuno sa pamamagitan ng mga propeta ng
maraming beses at sa iba't-ibang paraan. **2** Ngunit sa
mga araw na ito, nakikipag-usap ang Diyos sa atin sa
pamamagitan ng Anak na siyang hinirang na tagapagmana
ng lahat ng bagay, at sa pamamagitan niya ginawa ang
mundo. **(aiōn g165)** **3** Ang kaniyang Anak ang ningning ng
kaniyang kaluwalhatian, ang totoong katangian ng kaniyang
diwa, at pinapanatili niya ang lahat sa pamamagitan ng salita
ng kaniyang kapangyarihan. Pagkatapos niyang nakamit ang
paglilinis ng mga kasalanan, umupo siya sa kanang kamay
ng kataas-taasang kamahalan. **4** Siya ay naging higit na
mataas sa mga anghel, sapagkat ang pangalan na kaniyang
minana ay mas mahusay kaysa sa kanilang pangalan.
**5** Sapagkat sino sa mga anghel ang pinagsabihan niya
kailanman ng, “Ikaw ay aking anak, ngayon ako ay naging
iyong ama?” At muli, “Ako'y magiging ama sa kaniya, at siya
ay magiging anak sa akin”? **6** Muli, nang isinugo ng Diyos
ang panganay sa mundo, sinasabi niya, “Lahat ng anghel ng
Diyos ay kinakailangang sumamba sa kaniya.” **7** Tungkol
sa mga anghel sinasabi niya, “Siya na ginagawang mga
anghel niya na mga espiritu at ang kaniyang mga lingkod na
mga lagablab ng apoy.” **8** Ngunit tungkol sa Anak sinasabi
niya, “Ang iyong trono, O Diyos, ay walang hanggan. Ang
setro ng iyong kaharian ay setro ng katarungan. **(aiōn g165)** **9**
Minahal mo ang katuwiran at kinasusuklaman ang kawalan
ng pagsunod sa batas, kaya ang Diyos, na iyong Diyos
ay nagbuhos sa iyo ng langis ng kagalakan nang higit sa
iyong mga kasamahan. **10** Noong simula, O Panginoon,
inilagay mo ang pundasyon ng mundo. Ang kalangitan ay
gawa ng iyong mga kamay. **11** Ang mga ito ay mawawala,
ngunit ikaw ay magpapatuloy. Silang lahat ay maluluma
na parang kasuotan. **12** Iligpitin mo sila katulad ng isang
balabal, at mapapalitan sila katulad ng isang kasuotan.
Ngunit ikaw ay mananatili ikaw at ang iyong mga taon ay
hindi titigil.” **13** Ngunit wala isa man sa mga anghel ang
kaniyang pinagsabihan ng nito kahit kailan, “Maupo ka sa
aking kanang kamay hanggang ang iyong mga kaaway ay
gawin kong tuntungan ng iyong mga paa”? **14** Hindi ba't
ang lahat ng mga anghel ay espiritu na ipinadala upang
maglingkod at pangalagaan ang mga taong magmamana ng
kaligtasan?”

**2** Kaya nararapat na pagtuunan natin ng pansin kung
ano ang ating mga narinig, upang hindi tayo matangay
palayo dito. **2** Sapagkat kung ang mensahe na sinabi sa
pamamagitan ng mga anghel ay totoo, at ang bawat paglabag
at pagsuway ay tatanggap ng nararapat na kaparusahan,
**3** paano tayo makakatakas kung ating babalewalain ang
dakilang kaligtasan? —kaligtasan na unang ipinahayag
ng Panginoon at pinatunayan sa atin ng mga nakarinig
nito. **4** Pinatunayan din ito ng Diyos sa pamamagitan
ng mga tanda, mga kamangha-manghang gawa, at sa
pamamagitan ng iba't- ibang mga makapangyarihang gawa,
at sa pamamagitan ng kaloob ng Banal na Espiritu na
kaniyang ipinamahagi ayon sa kaniyang kalooban. **5** Hindi
ipinamahala ng Diyos sa mga anghel ang sanlibutang
darating na aming tinutukoy. **6** Sa halip, may nagpatunay
mula sa isang dako at nagsabing, “Ano ba ang tao, na iyong
inaalala? O ang anak ng tao, na iyong pinapahalagahan?
**7** Ginawa mo ang taong bahagyang mas mababa kaysa
sa mga anghel; kinoronahan mo siya ng kaluwalhatian at
karangalan. (Nilagay mo siya sa ilalim ng gawa ng iyong
mga kamay.) **8** Inilagay mo ang lahat na mapasailalim sa
kaniyang mga paa”. Sapagkat ipinasailalim ng Diyos ang
lahat sa sangkatauhan. Wala siyang iniwan na anuman na
hindi naipasailalim sa kaniya. Ngunit ngayon, hindi pa natin
makita ang lahat na ipinasailalim sa kaniya. **9** Gayon pa
man, nakikita natin ang isa na ginawa sa maikling panahon,
na mababa kaysa mga anghel— si Jesus, dahil sa kaniyang
paghihirap at kamatayan ay kinoronahan ng kaluwalhatian
at karangalan. Kaya ngayon sa pamamagitan ng biyaya
ng Diyos, naranasan ni Jesus ang kamatayan para sa
bawat tao. **10** Sapagkat nararapat na ang Diyos, dahil
para sa kaniya at sa pamamagitan niya ay nagkaroon ng
lahat ng mga bagay, sa pagdadala ng maraming mga anak
tungo sa kaluwalhatian, ay gawing sakdal ang nagtatag
ng kanilang kaligtasan sa pamamagitan ng pagdurusa. **11**
Sapagkat parehong ang tagapaghandog at mga ihinahandog
ay iisa lang ang pinanggalingan, ang Diyos. Dahil dito, ang
tagapaghandog nila sa Diyos ay hindi nahihiyang tawagin
silang mga kapatid. **12** Sinasabi niya, “Ipapahayag ko
ang iyong pangalan sa aking mga kapatid, aawitin ko ang
tungkol saiyo sa loob ng pagpupulong.” **13** At sinasabi
niyang muli, “Magtitiwala ako sa kaniya.” At muli, “Masdan
ninyo, heto ako at ang mga anak na ibinigay sa akin ng
Diyos.” **14** Kaya, dahil lahat ng mga anak ng Diyos ay
kabahagi ng laman at dugo, nakibahagi rin si Jesus sa mga
bagay na ito, upang sa pamamagitan ng kamatayan ay
maaari niyang mapawalang bisa ang may kapangyarihan ng
kamatayan, na ibig sabihin, ay ang diyablo. **15** Ito ay upang
mapalaya niya ang lahat na sa pamamagitan ng pagkatakot
sa kamatayan ay napasailalim sa pagkaalipin sa buong
buhay nila. **16** Sapagkat tunay nga na hindi ang mga anghel
ang tinutulungan niya. Sa halip, tinutulungan niya ang mga
kaapu-apuhan ni Abraham. **17** Kaya kinakailangan niyang

maging katulad ng kaniyang mga kapatid sa lahat ng paraan,
upang siya ay maging maawain at tapat na pinakapunong
pari sa mga bagay para sa Diyos, at upang maaari niyang
makamit ang kapatawaran para sa kasalanan ng mga tao.
18 Dahil si Jesus mismo ay naghirap, noong siya ay tinukso,
kaya niyang tulungan ang mga natukso.

3 Kaya, mga banal na kapatid, mga kasama sa makalangit
na pagtawag, alalahanin ninyo si Jesus na Apostol at
Pinakapunong Pari na aming ipinapahayag. 2 Siya ay tapat
sa Diyos, na naghirang sa kaniya, katulad ng pagiging tapat
ni Moises sa lahat ng sambahayan ng Diyos. 3 Sapagkat si
Jesus ay itinuring na higit na karapat-dapat na maluwalhati
kaysa kay Moises, dahil ang gumawa ng bahay ay higit na
may karangalan kaysa sa bahay mismo. 4 Sapagkat ang
bawat bahay ay itinayo ng isang tao, ngunit ang nagtayo ng
lahat ng bagay ay ang Diyos. 5 Sa katunayan, si Moses ay
isang tapat na lingkod sa lahat ng sambahayan ng Diyos,
nagbibigay patotoo tungkol sa mga bagay na sinasabing
magaganap sa hinaharap. 6 Ngunit si Cristo ang Anak
na pinagkatiwalaan sa sambahayan ng Diyos. Tayo ang
kaniyang bahay kung ating mahigpit na panghahawakan ang
ating pananalig at kapurihan ng pananalig. 7 Kaya, gaya
ng sinasabi ng Banal na Espiritu, "Sa araw na ito, kung
marinig ninyo ang kaniyang tinig, 8 Huwag patigasin ang
inyong mga puso gaya ng panghihimagsik na ginawa ng
mga Israelita sa panahon ng pagsubok sa ilang. 9 Ito ay
nang naghimagsik ang inyong mga ninuno sa pagsubok sa
akin, at nang apatnapung taon na, nakita nila ang aking mga
gawa. 10 Kaya hindi ako nalugod sa lahing ito. Sinabi ko,
"Sila ay palaging naliligaw sa kanilang mga puso at hindi nila
alam ang aking mga paraan. 11 Kaya sa galit ko sila ay aking
isinumpa: sila ay hindi makapapasok sa aking pahingahan."
12 Mag-ingat kayo mga kapatid, upang hindi magkaroon
ng isang masamang puso na walang pananampalataya
sa sinuman sa inyo, isang puso na tatalikod mula sa
buhay na Diyos. 13 Sa halip, palakasin ang loob ng bawat
isa araw-araw, habang ang panahon ay matatawag pang
ngayon, upang walang sinuman sa inyo ang maaaring
mapatigas sa pamamagitan ng pandaraya ng kasalanan. 14
Sapagkat tayo ay naging kasama ni Cristo kung patuloy
nating panghahawakan ang ating pananalig sa kaniya mula
sa simula hanggang sa katapusan. 15 Tungkol dito ito
sinabing, "Ngayong araw, kung makikinig kayo sa kaniyang
tinig, huwag ninyong patigasin ang inyong mga puso gaya
ng ginawa ng mga Israelita sa kanilang paghihimagsik." 16
Sino ang nakarinig sa Diyos at naghimagsik? Hindi ba't ang
lahat na pinangunahan ni Moses na lumabas sa Egipto?
17 At kanino nagalit ang Diyos sa apatnapung taon? Hindi
ba't sa mga nagkasala, na ang mga patay na katawan ay
nakaratay sa ilang? 18 Kanino sumumpa ang Diyos na hindi
na sila makapapasok sa kaniyang kapahingahan, hindi ba
ang mga sumuway sa kaniya? 19 Nakita natin na hindi sila
nakapasok sa kaniyang kapahingahan dahil sa kawalan ng
pananampalataya.

4 Kaya, kailangan nating maging maingat upang walang
sinuman sa inyo ang mabigo upang maabot ang patuloy
na pangako na pagpasok sa kapahingahan ng Diyos. 2
Sapagkat nasa atin ang magandang balita tungkol sa
kapahingahan ng Diyos na ipinahayag sa atin gaya katulad
ng mga Israelita, ngunit walang pakinabang ang mensahe sa
mga nakarinig nito na walang kalakip na pananampalataya.
3 Sapagkat tayo, ang naniwala— tayo rin ang makakapasok
sa kapahingahan, gaya ng sinabi, "Katulad ng aking isinumpa
sa poot, Hindi sila makapapasok sa aking kapahingahan."
Sinabi niya ito, bagama't ang kaniyang mga nilikhang gawain
ay natapos na mula sa simula pa ng mundo. 4 Sapagkat
nasabi niya sa isang dako hinggil sa ikapitong araw, "Ang
Diyos ay nagpahinga sa ikapitong araw mula sa lahat ng
kanyang mga nilikha." 5 Muli ay sinabi niya, "Hindi sila
makakapasok sa aking kapahingahan." 6 Kaya, dahil ang
kapahingahan ng Diyos ay nakalaan hanggang ngayon para
sa ilan upang makapasok, at dahil maraming mga Israelita
na nakarinig ng magandang balita tungkol sa kaniyang
kapahingahan ay hindi nakapasok dahil sa pagsuway. 7 Muli
ang Diyos ay nagtakda ng tiyak na araw, na tinatawag na
"Ngayon". Itinakda niya ang araw na ito nang nakipag-usap
siya sa pamamagitan ni David, na sinabi noon pa pagkatapos
ng unang pagsasabi nito, "Ngayon, kung pakikinggan ninyo
ang kaniyang tinig, huwag ninyong patigasin ang inyong
mga puso." 8 Kung naibigay na ni Joshua sa kanila ang
kapahingahan, hindi na magsasalita ang Diyos tungkol
sa ibang araw. 9 Kaya, mayroon pa ring isang Araw ng
Pamamahinga na nakalaan sa mga tao ng Diyos. 10
Sapagkat sinuman ang makapapasok sa kapahingahan
ng Diyos kailangan siya mismo din ay nagpahinga mula
sa kaniyang mga ginagawa, katulad ng ginawa ng Diyos.
11 Kaya manabik tayo na makapasok sa kapahingahan
na iyon, upang walang sinuman ang mahulog sa uri ng
pagsuway na kanilang ginawa. 12 Dahil ang salita ng Diyos
ay buhay, mabisa at mas matalim pa kaysa sa espada na
may dalawang talim. Tumatagos ito kahit na sa paghahati
ng kaluluwa mula sa espiritu, at sa kasu-kasuan mula sa
utak ng buto. May kakayahan itong makunawa sa mga isip
at mga layunin ng puso. 13 Walang bagay nanilikha ang
makakatago sa paningin ng Diyos. Sa halip, lahat ng bagay
ay lantad at hayag sa mga mata ng dapat nating panagutan.
14 Yamang mayroon tayong dakilang pinakapunong pari na
dumaan sa pamamagitan ng kalangitan, na si Jesus na

Anak ng Diyos, dapat tayong kumapit na mahigpit sa ating
mga paniniwala. 15 Sapagkat wala tayong pinaka-punong
pari na hindi makakaramdam ng pagkahabag sa ating mga
kahinaan, ngunit siya ay tinukso sa lahat ng paraan tulad
natin, maliban lang na wala siyang kasalanan. 16 Kaya
magsilapit tayo na may pananalig sa trono ng biyaya, ng sa
gayon makatanggap tayo ng awa at makahanap ng biyaya
na makakatulong sa oras ng pangangailangan.

5 Sapagkat bawat pinaka-punong pari, na pinili mula sa
mga tao, ay itinalaga upang gumanap para sa kanila sa
mga bagay na nauukol sa Diyos, upang siya ay maaaring
makapag-alay ng mga kaloob at mga handog para sa mga
kasalanan. 2 Kaya niyang makitungo nang malumanay
sa mga walang alam at sa naliligaw sapagkat siya mismo
ay napapaligiran rin ng kahinaan. 3 Dahil dito, siya ay
kinakakailangan rin na magdala ng mga handog para
sa kaniyang mga kasalanan katulad ng ginagawa niya
para sa mga kasalanan ng mga tao. 4 At walang sino
man ang makakapagparangal sa kaniyang sarili, sa halip,
kinakailangang siya ay tinawag ng Diyos, katulad ni Aaron.
5 Maging si Cristo ay hindi pinarangalan ang kaniyang sarili
sa pamamagitan ng paglalagay sa kaniyang sarili bilang
pinakapunong- pari. Sa halip ay sinabi ng Diyos sa kaniya,
"Ikaw ay aking Anak, ngayong araw na ito ako ay naging
iyong Ama." 6 Ito ay katulad lang din ng kaniyang sinabi
sa ibang lugar, "Ikaw ay pari magpakailanman ayon sa
pagkapari ni Melquisedec." (aiōn g165) 7 Sa panahon ng
kaniyang laman, nag-alay siya ng mga panalangin at mga
kahilingan, nakikiusap ng may pagluha sa Diyos, na may
kakayahang makapagliligtas sa kaniya mula sa kamatayan.
Dahil sa kaniyang paggalang sa Diyos, siya ay pinakinggan.
8 Bagama't siya ay anak, natutunan niya ang pagsunod
mula sa mga bagay na kaniyang tiniis. 9 Siya ay ginawang
ganap at sa pamamaraang ito, siya ang dahilan ng walang
hanggang kaligtasan para sa bawat isang sumusunod sa
kaniya, (aiōnios g166) 10 na itinalaga ng Diyos bilang pinaka-
punong pari ayon sa pagkapari ni Melquisedec. 11 Marami
kaming masasabi tungkol kay Jesus, ngunit mahirap itong
ipaliwanag sapagkat kayo ay mapurol sa pakikinig. 12
Kahit sa oras na ito ay marapat na sana kayong maging
tagapagturo, ngunit kinakailangan pa rin na may magturo
sa inyo ng mga pangunahing alituntunin ng mga salita ng
Diyos. Nangangailangan kayo ng gatas, hindi nang matigas
na pagkain. 13 Sapagkat sinuman na gatas pa lamang ang
iniinom ay walang karanasan sa mensahe ng katuwiran,
sapagkat siya ay sanggol pa lang. 14 Sa ibang banda, ang
matigas na pagkain ay para sa mga may ganap nang gulang,
sila na dahil sa kanilang karanasang kumilala ng tama sa
mali, ay sinanay upang maunawaan ang mabuti at masama.

6 Kung gayon, iwan na natin ang mga unang natutunan
tungkol sa mensahe ni Cristo, kailangan nating magpatuloy
sa pagiging ganap, at huwag na muling ilagay ang saligan ng
pagsisisi mula sa mga patay na gawa at ng pananampalataya
sa Diyos, 2 ni ang saligan ng katuruan tungkol sa mga
pagbabautismo, pagpapatong ng mga kamay, ang muling
pagkabuhay ng mga patay, at sa hatol na walang hanggan.
(aiōnios g166) 3 Gagawin din natin ito kung papahintulutan ng
Diyos. 4 Sapagkat imposible para sa kanila na minsan nang
naliwanagan, na nakalasap na ng kaloob ng kalangitan, na
naging kabahagi ng Banal na Espiritu, 5 at sila na nakalasap
na ng mabuting salita ng Diyos at ng mga kapangyarihan ng
kapanahunang darating, (aiōn g165) 6 at sila nga na nahulog
na—ito ay imposible nang ibalik silang muli sa pagsisisi. Ito
ay dahil sa ipinako nilang muli para sa kanilang mga sarili
ang nag-iisang Anak ng Diyos, ginawa siyang dahilan ng
lantarang kahihiyan. 7 Sapagkat ang lupang tumanggap ng
ulan na madalas bumuhos dito at nagbibigay ng pananim na
kapaki-pakinabang para sa kanila na nagtrabaho ng lupa,
ay tumanggap ng pagpapalang galing sa Diyos. 8 Ngunit
kung tubuan ito ng tinik at dawag, ito ay walang pakinabang
at nanganganib na maisumpa. At ang kahahantungan nito
ay pagkasunog. 9 Kahit na kami ay nagsasalita na gaya
nito, minamahal kong mga kaibigan, kami ay naniniwala sa
mas mabuting mga bagay ukol sa inyo at sa mga bagay na
tungkol sa kaligtasan. 10 Sapagkat ang Diyos ay hindi liko
upang limutin ang inyong gawa at ang pag-ibig na inyong
ipinakita para sa kaniyang pangalan, sa ganoon naglingkod
kayo sa mga mananampalataya at patuloy na naglingkod sa
kanila. 11 At labis naming ninanais na ang bawat isa sa inyo
ay magpakita ng parehong kasipagan hanggang sa wakas
na may buong katiyakan ng pagtitiwala. 12 Ayaw namin
na maging mabigat ang inyong katawan, sa halip maging
katulad kayo ng mga magmamana ng mga pangako dahil sa
pananampalataya at pagtitiis. 13 Sapagkat nang ginawa ng
Diyos ang kaniyang pangako kay Abraham, siya ay nanumpa
sa kaniyang sarili, sapagkat hindi siya makapanumpa sa
mas higit sa kaniya. 14 Sinabi niya, “Tunay na ikaw ay
aking pagpapalain, at labis kong dadagdagan ang iyong
mga kaapu-apuhan." 15 Sa ganitong paraan, natanggap
ni Abraham kung ano ang ipinangako pagkatapos niyang
maghintay ng may pagtitiis. 16 Sapagkat ang mga tao ay
nanunumpa sa mas mataas sa kanilang mga sarili, at sa
bawat pagtatalo nila, ang sinumpaan ang siyang pangwakas
bilang pagpapatunay. 17 Nang nagpasya ang Diyos na
ipakita ng mas malinaw sa mga tagapagmana ng pangako
ang hindi nagbabagong katangian ng kaniyang layunin,
tiniyak niya ito ng may panunumpa. 18 Ginawa niya ito upang
sa pamamagitan ng dalawang bagay na hindi nababago, na

kung saan hindi maaaring magsinungaling ang Diyos, tayo
na nagsitakas para magpakupkop ay magkaroon ng matatag
na lakas ng loob upang matibay na panghawakan ang
pagtitiwala na inilagay sa ating harapan. 19 Mayroon tayo
nitong pagtitiwala bilang matatag at maaasahan na angkla
ng ating mga kaluluwa, ang pagtitiwala na pumapasok sa
dakong loob sa likod ng tabing. 20 Pumasok si Jesus sa
dakong iyon bilang tagapanguna para sa atin, at naging
pinaka-punongpari magpakailanman ayon sa pagkapari ni
Melquisedec. **(aiōn g165)**

**7** Melquisedec na ito, ang hari ng Salem, ang pari ng
Kataas-taasang Diyos, na sumalubong kay Abraham
nang siya ay bumalik mula sa malupit na pagpatay ng mga
hari, at pinagpala siya. 2 Binigyan siya ni Abraham ng
ikamsampung bahagi ng lahat ng kaniyang nasamsam. Ang
pangalan na "Melquisedec" ay nangangahulugang "hari ng
katuwiran" at "hari ng Salem" ito ay "hari ng kapayapaan."
3 Siya ay walang ama, walang ina, walang mga ninuno,
walang anumang pasimula ng mga araw ni katapusan ng
buhay. Sa halip nanatili siyang pari magpakailanman, katulad
ng Anak ng Diyos. 4 Ngayon isaalang-alang kung gaano
kadakila ang taong ito. Ang ating ninuno na si Abraham ay
nagbigay ng ikasampung bahagi mula sa pinakamahalagang
mga bagay na nakuha niya mula sa labanan. 5 At sa
katunayan, ang mga kaapu-apuhan ni Levi na tumanggap
ng gawaing pagkapari ay may utos mula sa kautusan na
tipunin ang mga ikasampung bahagi mula sa mga tao, iyon
ay mula sa kanilang mga kababayang Israelita, kahit na
sila rin ay nagmula kay Abraham. 6 Ngunit si Melquisedec,
na hindi mula sa kaapu-apuhan ni Levi, ay tumanggap ng
ikasampung bahagi mula kay Abraham, at siya ay pinagpala,
siya na tumanggap ng mga pangako. 7 Hindi maitatanggi na
ang mas mababang tao ay pinagpapala ng mas mataas
na tao. 8 Sa ganitong kalagayan, ang taong tumanggap
ng ikasampung bahagi ay mamamatay balang araw. ngunit
sa isang banda, ang tumanggap ng ikasampung bahagi ni
Abraham ay inilarawan bilang patuloy na nabubuhay. 9 At
samakatuwid, masasabi na si Levi na tumanggap ng ikapu,
ay nakapagbigay din ng ikapu sa pamamagitan ni Abraham,
10 dahil si Levi ay nasa pribadong bahagi pa lamang ng
kaniyang ninuno na si Abraham nang makilala ni Abraham
si Melquisedec. 11 Ngayon kung ang pagiging ganap ay
maaari nang makamtan sa pamamagitan ng pagiging pari
ng mga Levita (sapagkat sa ilalim nito ang mga tao ay
tumanggap ng kautusan), ano pa ang kailangan para sa
isang pari na lumitaw ayon sa pagkapari ni Melquisedec,
at hindi mapangalanan ayon sa pagkapari ni Aaron? 12
Dahil kapag ang pagkapari ay nabago, ang kautusan ay
kailangan ding mabago. 13 Sapagkat ang pinagsabihan
ng mga bagay na ito ay kabilang sa ibang lahi, kung saan
walang sinuman ang naglingkod sa altar. 14 Ngayon ito
ang katunayan na ang ating Panginoon ay nagmula kay
Judah, ang lipi na hindi binanggit ni Moises patungkol sa
mga pari. 15 At ang aming sinasabi ay mas malinaw pa
kung may ibang paring liliitaw ayon sa pagkakatulad ni
Melquisedec. 16 Ang bagong pari na ito ay hindi naging pari
ayon sa batayan ng kautusan sa angkan ng tao sa halip ay
sa batayan ng kapangyarihan ng hindi nasisirang buhay.
17 Dahil ang kasulatan ay sumasaksi tungkol sa kaniya:
"Ikaw ay isang pari magpakailanman ayon sa pagkapari ni
Melquisedec. **(aiōn g165)** 18 Sapagkat pinawalang saysay
ang dating kautusan dahil sa ito ay mahina at walang
pakinabang. 19 Sapagkat ang kautusan ay walang ginawang
ganap. Gayunpaman, mayroong mas mabuting pag-asa
para sa hinaharap kung saan lumalapit tayo sa Diyos. 20 At
itong mas mabuting katiyakan ay hindi nangyari kung walang
panunumpa, sapagkat ang mga ibang pari ay hindi gumawa
ng anumang panunumpa. 21 Ngunit ang Diyos ay gumawa
ng isang panunumpa nang sinabi niya ang tungkol kay
Jesus, "Ang Panginoon ay nangako at hindi na magbabago
ang kaniyang isip: "Ikaw ay isang pari magpakailanman.'"
**(aiōn g165)** 22 Sa pamamagitan din nito si Jesus ay naging
kayiyakan ng isang mas mabuting kasunduan. 23 Sa
katunayan, ang kamatayan ang humahadlang sa mga pari
mula sa paglilingkod magpakailanman. Ito ang dahilan kung
bakit mayroong maraming pari, isa pagkatapos ng isa. 24
Ngunit dahil nabubuhay si Jesus magpakailanman, ang
kaniyang pagkapari ay hindi mapapalitan. **(aiōn g165)** 25
Samakatuwid, siya rin ay lubos na makapagliligtas sa kanila
na lalapit sa Diyos sa pamamagitan niya, dahil siya ay laging
nabubuhay upang mamagitan para sa kanila. 26 Sapagkat
ganito ang pinaka-punong pari na nararapat para sa atin.
Siya ay walang kasalanan, walang dungis, dalisay, ibinukod
mula sa mga makasalanan, at naging lalong mataas kaysa
sa kalangitan. 27 Hindi siya nangangailangan, di tulad ng
mga pinaka-punongpari, na mag-alay ng handog araw-araw,
una para sa kaniyang sariling kasalanan, at pagkatapos para
sa kasalanan ng mga tao. Ginawa niya ito nang minsanan
para sa lahat, nang inialay niya ang kaniyang sarili. 28
Sapagkat ang kautusan ang humirang ng mga tao na may
kahinaan katulad ng mga pinakapunong pari, ngunit ang
salita ng panunumpa, na dumating matapos ang kautusan,
ay naghirang ng isang Anak, na siyang ginawang ganap
magpakailanman. **(aiōn g165)**

**8** Ngayon, ito ang paksa ng aming sinasabi, mayroon
tayong isang pinaka-punong pari na nakaupo sa kanang
kamay ng trono ng Kamahalan sa kalangitan. 2 Isa siyang
lingkod sa lugar na banal, ang tunay na tabernakulo na

itinayo ng Panginoon, hindi ng sinumang tao. 3 Sapagkat
itinalaga ang bawat pinaka-punong pari upang mag-alay ng
mga kaloob at mga handog, kaya kinakailangan na may
isang bagay na ialay. 4 Ngayon kung si Cristo ay nasa lupa,
hindi na siya magiging pari pa, yamang mayroon nang mga
nag-aalay ng mga handog ayon sa kautusan. 5 Naglilingkod
sila sa isang bagay na huwaran at anino ng mga bagay
na makalangit, kagaya na lamang ng babala ng Diyos kay
Moises noong itatayo na niya ang tabernakulo, “Tingnan mo,”
sinabi ng Diyos, na gagawin mo ang lahat ayon sa batayan
na ipinakita sa iyo doon sa bundok.” 6 Ngunit ngayon
tinanggap ni Cristo ang isang mas mataaas na paglilingkod
dahil siya din ang tagapamagitan ng mas mainam na tipan,
na itinatag sa mas mainam na mga pangako. 7 Sapagkat
kung ang unang tipan ay walang pagkakamali, kung gayon
hindi na kailangan pang humanap ng pangalawang tipan. 8
Sapagkat nang nakatagpo ang Diyos ng pagkakamali sa
mga tao, sinabi niya,"'Tingnan ninyo, darating ang mga
araw,' sabi ng Panginoon, 'na Ako ay gagawa ng bagong
tipan sa sambahayan ng Israel at sa sambahayan ng Juda.
9 Hindi na ito katulad ng tipan na ginawa ko sa kanilang
mga ninuno noong araw na kinuha ko sila sa pamamagitan
ng kamay upang pangunahan silang lumabas sa lupain ng
Egipto. Sapagkat hindi sila nagpatuloy sa aking tipan, at
hindi ko na sila bibigyang pansin,' sabi ng Panginoon. 10
'Sapagkat ito ang tipan na aking gagawin sa sambahayan ng
Israel pagkatapos ng mga araw na iyon,' sabi ng Panginoon.
'Ilalagay ko sa kanilang mga isipan ang aking mga tipan,
at isusulat ko rin ang mga ito sa kanilang mga puso. Ako
ang magiging Diyos nila, at sila ay aking magiging mga tao.
11 Hindi nila tuturuan ang bawat isa na kaniyang kapwa at
ang bawat isa na kaniyang kapatid, na sabihing, “Kilalanin
ninyo ang Diyos,” sapagkat ako ay makikilala ng lahat mula
sa pinakamababa hanggang sa pinakadakila sa kanila. 12
Sapagkat magpapakita ako ng habag sa kanilang mga
gawaing hindi matuwid at hindi ko na aalalahanin pa ang
kanilang mga kasalanan.'" 13 Sinasabing “bago,” ginawa
niyang luma ang unang tipan. At kaniya ngang inihayag na
ang pagiging luma ay handa ng maglaho.

**9** Ngayon kahit sa unang tipan ay may lugar para sa
pagsamba dito sa lupa at mga alituntunin ukol sa
pagsamba. 2 Sapagkat may silid na inihanda sa loob ng
tabernakulo, ang panlabas na silid, ang tinatawag na banal
na lugar. Nakalagay sa lugar na ito ang ilawan, ang mesa at
ang tinapay na handog. 3 At sa likod ng pangalawang tabing
ay isa pang silid na tinatawag na kabanal-banalang lugar. 4
Mayroon itong gintong altar para sa insenso. Nandito rin ang
kaban ng tipan na nababalutan ng ginto. Sa loob nito ay
sisidlang ginto na may lamang manna, ang namulaklak na
tungkod ni Aaron at ang mga tapyas na bato ng tipan. 5 Sa
itaas ng kaban ng tipan ay anyo ng kerubim ng kaluwalhatian
na umaaligid sa takip ng pagsisisi, na hindi muna namin
ngayon mailalarawan. 6 Pagkatapos na maihanda ang mga
bagay na ito, palaging pumapasok ang mga pari sa panlabas
na silid ng tabernakulo upang isagawa ang kanilang mga
tungkulin. 7 Ngunit ang pinaka-punong pari ay pumapasok
na nag-iisa sa pangalawang silid minsan sa isang taon, at
may dalang maihahandog na dugo para sa kaniyang sarili at
para sa hindi sinasadyang mga paglabag ng mga tao. 8
Ipinapakita ng Banal na Espiritu na ang daan patungo sa
kabanal-banalang lugar ay hindi pa ipinapahayag habang
nananatili pang nakatayo ang unang tabernakulo. 9 Isa
itong paglalarawan sa kasalukuyang panahon. Parehong
walang kakayahang gawing ganap ng mga kaloob at mga
handog ang budhi ng mga sumasamba. 10 Mga pagkain at
inumin lamang ang mga ito na kaugnay ng iba't-ibang uri ng
seremonya ng paglilinis. Ang lahat ng ito ay alituntunin para
sa laman na inilaan hanggang sa maganap ang bagong
kaayusan. 11 Dumating si Cristo bilang pinaka-punong pari
ng mabubuting bagay na darating, sa pamamagitan ng mas
dakila at higit na ganap na sagradong tolda na hindi gawa sa
mga kamay ng tao, na hindi kabilang sa mundong nilikha. 12
Hindi ito sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at mga
guya, ngunit sa pamamagitan ng kaniyang sariling dugo
kaya minsan lamang pumasok si Cristo sa kabanal-banalang
lugar para sa lahat at tiyakin ang ating walang hanggang
katubusan. **(aiōnios g166)** 13 Sapagkat kung ang dugo ng mga
kambing at mga toro at ang pagwiwisik ng mga abo sa mga
taong may dungis ay naghahandog sa kanila sa Diyos at
ginagawang malinis ang kanilang katawan, 14 gaano pa kaya
ang dugo ni Cristo, na sa pamamagitan ng walang hanggang
Espiritu ay inialay ang kaniyang sarili na walang dungis sa
Diyos, na luminis sa ating budhi mula sa mga gawang patay
upang makapaglingkod sa Diyos na buhay? **(aiōnios g166)** 15
Sa kadahilanang ito, si Cristo ang tagapamagitan ng bagong
tipan. Ito ay dahil may isang kamatayan na nangyari upang
palayain ang mga napapasailalim sa lumang tipan mula
sa kabayaran ng kanilang mga kasalanan, sa gayon ang
lahat ng mga tinawag ng Diyos ay tatanggap ng walang
hanggang pamana na kaniyang ipinangako. **(aiōnios g166)**
16 Sapagkat kung saan iniwan ng isang tao ang kaniyang
testamento, kailangan na mapatunayan ang kamatayan
ng taong gumawa nito. 17 Sapagkat nagkakabisa lamang
ang testamento kung saan mayroong kamatayan dahil wala
pang bisa ito habang buhay pa ang gumawa. 18 Kaya hindi
naitatag ang lumang tipan nang walang dugo. 19 Sapagkat
nang maibigay ni Moises ang bawat alituntunin ng kautusan
sa lahat ng mga tao, kinuha niya ang dugo ng mga guya at

mga kambing na may tubig, mapulang balahibo, hisopo at
parehong winisikan ang balumbon ng kasulatan at ang lahat
ng tao. 20 At sinabi niya, “Ito ang dugo ng tipan kung saan
ibinigay ng Diyos sa inyo ang mga kautusan.” 21 Sa ganito
ring paraan, winisikan niya ng dugo ang tabernakulo at ang
lahat ng sisidlan na ginagamit ng mga pari sa paglilingkod.
22 At ayon sa kautusan, halos lahat ay nilinis ng dugo.
Walang kapatawaran kung walang pagbubuhos ng dugo.
23 Samakatwid kinakailangan nga na ang mga bagay na
kahalintulad nang nasa langit ay dapat na malinis nitong
mga hayop na handog. Gayunman, dapat na linisin ng
mas mabuting handog ang mga bagay na panlangit. 24
Sapagkat hindi pumasok si Cristo sa kabanal-banalang lugar
na gawa ng mga kamay, na kahalintulad lamang ng tunay.
Sa halip, pumasok siya sa langit mismo, na ngayon ay nasa
harapan ng Diyos para sa atin. 25 Hindi siya nagpunta doon
upang madalas na ihandog ang kaniyang sarili, katulad ng
ginagawa ng pinakapunong pari, na pumapasok sa kabanal-
banalang lugar taun-taon na may dalang dugo. 26 Kung
iyan ay totoo, kakailanganin niyang maghirap ng maraming
ulit mula pa ng likhain ang mundo. Ngunit ngayon minsan
na lamang siyang naipahayag hanggang sa katapusan ng
panahon upang alisin ang kasalanan sa pamamagitan ng
pag-aalay ng kaniyang sarili. **(aiōn g165)** 27 Tulad ng bawat
tao ay itinakda na mamatay minsan, at pagkatapos ay ang
paghatol, 28 gayon din si Cristo, na minsang naihandog
upang alisin ang mga kasalanan ng marami, darating siya
sa pangalawang pagkakataon, hindi upang ihandog muli sa
kasalanan, kundi para sa kaligtasan ng mga matiyagang
naghihintay sa kaniya.

**10** Sapagkat ang kautusan ay isang anino lamang ng
mga mabubuting bagay na darating, hindi ng mga
katotohanan. Hindi magagawang ganap ng kautusan ang
mga lumalapit sa Diyos batay sa paraan ng parehong mga
alay na inihahandog ng mga pari taun-taon. 2 O kung hindi,
ititigil kayang maihandog ang mga alay na iyon? Sa ganiyang
kalagayan, ang mga sumasamba ay nilinis ng minsan, na
wala ng kamalayan sa kasalanan. 3 Ngunit sa mga handog
na iyon ay may pagpapa-alala sa mga nagawang kasalanan
taun-taon. 4 Sapagkat hindi maaaring pawiin ng mga dugo
ng toro at kambing ang mga kasalanan. 5 Nang dumating
si Cristo dito sa mundo, sinabi niya, “Hindi mo nais ang
mga handog o ang mga hain. Sa halip, inihanda mo ang
isang katawan para sa akin. 6 Wala kang kasiyahan sa
mga haing sinusunog o mga handog para sa kasalanan.”
7 At aking sinabi, “Masdan mo, narito ako upang gawin
ang iyong kalooban, o Diyos, gaya ng nasusulat tungkol
sa akin na nasa balumbon.” 8 Sinabi niya gaya ng nasabi
sa itaas, “Hindi mo nais ang mga handog at mga hain
o ang mga handog na sinusunog para sa kasalanan, ni
hindi ka nasisiyahan sa mga ito”— mga handog na inialay
ayon sa kautusan. 9 At sinabi niya, “masdan mo, ako ay
narito upang gawin ang iyong kalooban.” Isinantabi niya
ang unang kaugalian upang maitatag ang pangalawa. 10
Sa pangalawang kaugalian, tayo ay naihandog sa Diyos
sa kaniyang kalooban at sa pamamagitan ng pag-aalay
ng katawan ni Jesu-Cristo ng minsan para sa lahat. 11 Sa
katunayan tumatayong naglilingkod ang bawat pari araw-
araw, iniaalay ang parehong mga handog, kung saan, gayon
pa man, hindi makatatanggal ng mga kasalanan kailanman.
12 Ngunit pagkatapos na ialay ni Cristo ang isang handog
para sa kasalanan magpakailanman, umupo siya sa kanang
kamay ng Diyos, 13 naghihintay hanggang ang kaniyang
mga kaaway ay maibaba at gawing isang patungan para
sa kaniyang paanan. 14 Dahil sa pamamagitan ng isang
handog ay kaniyang ginawang ganap magpakailanman ang
mga taong inihandog sa Diyos. 15 At nagpapatotoo rin sa
atin ang Banal na Espiritu. Sapagkat unang sinabi niya, 16 "
'Ito ang tipan na aking gagawin sa kanila pagkatapos ng
mga araw na iyon,' ang sabi ng Panginoon, 'Ilalagay ko
ang aking mga kautusan sa kanilang mga puso at isusulat
ko ang mga iyon sa kanilang mga isip.'" 17 Pagkatapos
sinabi niya, “Hindi ko na aalalahanin pa ang kanilang mga
kasalanan at paglabag sa kautusan.” 18 Ngayon kung saan
may kapatawaran na para sa mga ito, wala ng pag-aalay
pa para sa kasalanan. 19 Kaya naman, mga kapatid, may
pananalig tayong makakapasok sa kabanal-banalang lugar
sa pamamagitan ng dugo ni Jesus. 20 Iyon ang paraan na
kaniyang binuksan para sa atin sa pamamagitan ng kaniyang
katawan, isang bago at buhay na daan sa pamamagitan
ng tabing. 21 At dahil mayroon tayong dakilang pari sa
bahay ng Diyos, 22 Lumapit tayo na may totoong puso
na may lubos na katiyakan ng pananampalataya, na may
mga pusong nawisikan at nilinis mula sa masamang budhi
at ang ating katawan na nahugasan ng dalisay na tubig.
23 Panghawakan ding mabuti ang paghahayag ng ating
pananalig ng walang pag-aalinlangan, sapagkat ang Diyos
na siyang nangako ay tapat. 24 Kaya isaalang-alang natin
kung paano pasisiglahin ang isa't- isa sa pag-ibig at sa mga
mabubuting gawa. 25 Huwag tayong tumigil sa pagtitipon-
tipon ng magkakasama, katulad ng ginawa ng ilan. Sa halip,
palakasin pa natin ng higit ang isa't isa, ngayong nakikita
ninyo na nalalapit na ang araw. 26 Sapagkat kung ating
sasadyain ang paggawa ng kasalanan pagkatapos nating
malaman ang kaalaman sa katotohanan, ang handog para sa
kasalanan ay hindi na umiiral. 27 Sa halip, mayroon lamang
tiyak na inaasahang nakakatakot na hatol at nagngangalit na
apoy na tutupok sa mga kaaway ng Diyos. 28 Sinuman na

lumabag sa kautusan ni Moises ay mamamatay ng walang
awa sa patunay ng dalawa o tatlong saksi. 29 Gaano pa
kaya kabigat na parusa sa akala ninyo ang nararapat sa
taong yumurak sa Anak ng Diyos, sinumang magturing
sa dugo ng tipan na hindi banal, ang dugo na kaniyang
inihandog sa Diyos—sinuman na humamak sa Biyaya ng
Espiritu 30 Sapagkat kilala natin ang nagsabi nito, "Akin
ang paghihiganti at ako ang maniningil." At muli, "Hahatulan
ng Panginoon ang kaniyang mga tao." 31 Nakakatakot nga
ang mahulog sa mga kamay ng buhay na Diyos! 32 Ngunit
alalahanin ninyo ang mga araw na nagdaan, pagkatapos na
kayo ay maliwanagan kung papaanong kayo ay nagtiis ng
matinding pagdurusa. 33 Nailantad kayo sa madla ng may
pangungutya sa pamamagitan ng mga panlalait, pag-uusig at
kayo ay kabilang sa mga nakaranas ng ganitong pagdurusa.
34 Sapagkat mayroon kayong habag sa mga bilanggo, at
inyong tinanggap nang may kagalakan ang pagsamsam ng
inyong mga ari-arian, na alam ninyo sa inyong mga sarili
na mayroon kayong mas mabuti at walang hanggang pag-
aari. 35 Kaya nga huwag ninyong isasawalang-bahala ang
inyong pagtitiwala na may dakilang gantimpala. 36 Sapagkat
kailangan ninyo ng pagtitiyaga upang inyong matanggap
ang ipinangako ng Diyos pagkatapos ninyong magawa ang
kaniyang kalooban. 37 "Sapagkat sa kaunting panahon,
ang siyang paparating ay tiyak na darating at hindi ito
maaantala. 38 Mabubuhay ang matuwid kong lingkod sa
pamamagitan ng pananampalataya. Kung tatalikod siya,
hindi ako masisiyahan sa kaniya." 39 Ngunit hindi tayo
katulad ng ilang tumalikod at napahamak. Sa halip, tayo ay
ilan sa mga may pananampalataya upang mapanatili ang
ating mga kaluluwa.

**11** Ngayon ang pananampalataya ay ang katiyakan ng
sino man kung siya ay nagtitiwalang naghihintay sa
isang bagay. Ito ang katiyakan tungkol sa hindi pa nakita.
2 Sapagkat sa pamamagitan nito pinagtibay ang ating
mga ninuno dahil sa kanilang pananampalataya. 3 Sa
pamamagitan ng pananampalataya, nauunawaan natin na
nilikha ang buong sanlibutan sa pamamagitan ng utos ng
Diyos, upang kung ano man ang nakikita ay hindi nilikha
mula sa mga bagay na nakikita. **(aiōn g165)** 4 Sa pamamagitan
ito ng pananampalataya na si Abel ay nag-alay ng mas higit
na kalugod-lugod na handog sa Diyos kaysa sa ginawa ni
Cain. At dahil dito pinuri siya sa pagiging matuwid. Pinuri
siya ng Diyos dahil sa mga handog na kaniyang inialay.
Dahil diyan, si Abel ay nagsasalita pa rin kahit na siya ay
patay na. 5 Sa pamamagitan ito ng pananampalataya na si
Enoc ay kinuha pataas at hindi nakita ang kamatayan. "Hindi
siya nahanap, dahil siya ay kinuha ng Diyos." Sapagkat ito
ay sinabi sa kaniya na ang Diyos ay nalugod sa kaniya bago
siya kunin. 6 Kung walang pananampalataya hindi maaaring
bigyan ng kaluguran ang Diyos, at ang sino man na lalapit
sa Diyos ay kinakailangang manalig na siya ay umiiral at
gagantimpalan niya ang sino man na humahanap sa kaniya.
7 Sa pamamagitan ito ng pananampalataya na si Noe, ay
binalaan ng Diyos ukol sa mga bagay na hindi pa nakita,
nang may maka-diyos na paggalang ay gumawa ng isang
daong upang mailigtas ang kaniyang pamilya. Sa paggawa
nito, hinatulan niya ang mundo at naging tagapagmana
ng katuwiran na nanggagaling sa pananampalataya. 8
Sa pamamagitan ito ng pananampalataya na si Abraham
nang siya ay tinawag, Siya ay sumunod at nagtungo sa
lugar na kaniyang tatanggapin bilang isang tagapagmana.
Pumunta siya na hindi niya nalalaman kung saan siya
tutungo. 9 Sa pamamagitan ng pananampalataya siya ay
nanirahan sa lupang ipinangako bilang isang dayuhan. Siya
ay namuhay sa tolda na kasama sina Isaac at Jacob na
parehong tagapagmana ng pangako. 10 Ito ay dahil sa
tumingin siya sa hinaharap sa pagtatayo ng isang lungsod
na ang arketekto at tagapagpatayo ay ang Diyos. 11 Sa
pamamagitan ito ng pananampalataya na si Abraham, at
kahit na si Sarah mismo ay tumanggap ng kakayahang
magbuntis kahit sila ay matanda na, sapagkat itinuring nila
ang Dios na tapat, ang nangako sa kanila ng isang anak.
12 Samakatuwid galing din sa lalaking ito na malapit ng
mamatay ay maipapanganak ang hindi mabilang na salinlahi.
Sila ay naging kasing dami ng mga bituin sa langit at nang
hindi mabilang na mga butil ng buhangin sa tabing dagat. 13
Ang lahat ng ito ay namatay sa pananampalataya na hindi
tinanggap ang mga pangako, sa halip kahit malayo pa nakita
at tinanggap na nila, na sila ay mga dayuhan at banyaga dito
sa lupa. 14 Kaya sa mga nagsasabi ng ganoong mga bagay
ay nagbibigay linaw na sila ay naghahanap ng kanilang
sariling bayan. 15 Sa katunanayan, kung ang iniwan nilang
lupain ang kanilang iniisip, sila ay may pagkakataon pang
bumalik, 16 Subalit naghahangad sila ng mas mabuting
bayan, na isang makalangit. Kaya naman hindi nahihiya ang
Diyos na tawaging kanilang Diyos sapagkat naghanda siya
ng isang lungsod para sa kanila. 17 Sa pamamagitan ito ng
pananampalataya na si Abraham pagkatapos subuking ialay
si Isaac. Oo siya na masayang tumanggap ng mga pangako
ay inialay ang kaniyang nag-iisang anak, 18 tungkol sa kaniya
ang sinabi, "Magmumula kay Isaac ang iyong mga salinlahi."
19 Isinaalang- alang ni Abraham na bubuhayin ng Diyos si
Isaac mula sa mga patay, at sa matalinhagang pagsasalita,
natanggap niya siyang muli. 20 Sa pamamagitan ito ng
pananampalataya na pinagpala ni Isaac sina Jacob at Esau
tungkol sa mga bagay na darating. 21 Sa pamamagitan ito
ng pananampalataya na si Jacob, nang siya ay mamamatay

na, pinagpala niya ang bawat isa sa mga anak ni Jose.
Si Jacob ay sumamba na nakahilig sa taas ng kaniyang
tungkod. 22 Ito ay sa pamamagitan din ng pananamplataya
na si Jose, nang malapit na ang kaniyang katapusan, ay
nagsalita patungkol sa paglisan ng mga anak ng Israel mula
sa Egipto at inutos na dalhin kasama nila ang kaniyang
mga buto. 23 Sa pamamagitan ito ng pananampalataya
na si Moises, nang siya ay ipanganak ay itinago siya ng
kaniyang mga magulang ng tatlong buwan dahil nakita nila
na siya ay isang magandang bata at hindi sila takot sa
utos ng hari. 24 Sa pamamagitan ito ng pananampalataya
na si Moises, nang lumaki na ay tumangging tawagin na
anak ng anak na babae ni Faraon. 25 Sa halip, pinili niyang
makibahagi sa paghihirap ng mga tao ng Diyos kaysa
sa magpakasaya sa panandaliang aliw ng kasalanan. 26
Itinuring niya na ang kahihiyan sa pagsunod kay Cristo
ay higit pa sa kayamanan kaysa sa mga yaman ng mga
Egipto, sapagkat itinuon niya ang kaniyang paningin sa
hinaharap na darating na gantimpala. 27 Sa pamamagitan
ito ng pananampalataya na si Moises ay iniwan ang Egipto.
Hindi siya natakot sa galit ng hari, sapagkat tiniis niya
sa pamamagitan ng pagtingin sa isang hindi pa nakikita.
28 Dahil sa kaniyang pananampalataya sinunod niya ang
“Paskua” at ang pagwisik ng dugo upang ang mangwawasak
sa bawat panganay ay hindi makahawak sa mga panganay
na anak na lalaki ng mga Israelita. 29 Sa pamamagitan ito
ng pananampalataya na sila ay tumawid sa dagat ng mga
Tambo na parang nasa ibabaw ng tuyong lupa. Nang sinubok
ng mga taga Ehipto na gawin ito, sila ay nilamon nito. 30 Sa
pamamagitan ng pananampalataya nawasak ang pader ng
Jerico matapos silang umikot sa palibot ng pitong araw. 31
Sa pamamagitan ito ng pananampalataya na si Rahab, ang
babaeng nagbebenta ng aliw ay hindi namatay kasama ng
mga suwail, dahil tinanggap niya ng may pag-iingat ang mga
ispiya. 32 At ano pa ba ang aking sasabihin? Hindi na sapat
ang aking oras kung isasalaysay ko pa ang tungkol kina
Gideon, Barak, Samson, Jepta, David, Samuel, at ng mga
propeta, 33 na sa pamamagitan ng pananampalataya ay
sumakop ng mga kaharian, gumawa ng may katarungan,
at tumanggap ng mga pangako. Sila ay nagpatikom ng
bibig ng mga lion, 34 pinawi ang kapangyarihan ng apoy,
tumakas sa talim ng espada, kung saan gumaling mula
sa mga karamdaman, naging tanyag sa pakikipaglaban, at
naging dahilan ng pagtakas ng mga sundalong dayuhan. 35
Tinanggap ng mga kababaihan ang kanilang mga patay sa
pamamagitan ng muling pagkabuhay. Ang iba ay pinahirapan,
ng hindi tinatanggap ang kanilang paglaya upang maranasan
nila ang mas mainam na muling pagkabuhay. 36 Ang iba ay
nagdusa ng pangaalipusta, at paghampas, oo, kahit ng mga
kadena at pagkakulong. 37 Kung saan binato sila. Nilagari
sila sa dalawa. Pinatay sila sa pamamagitan ng espada.
Sila ay namuhay na nakadamit ng balat ng mga tupa at
balat ng mga kambing na hirap na hirap, nagpakasakit at
pinagmalupitan, 38 ( Sila na hindi karapat-dapat sa mundo),
naglibot sa ilang, sa mga kabundukan, sa mga kuweba at sa
mga butas sa lupa. 39 Bagamat ang lahat ng mga taong ito
ay pinagtibay ng Diyos dahil sa kanilang pananampalataya,
hindi nila natanggap ang anumang kaniyang ipinangako. 40
May inihanda ang Diyos sa simula pa na mas mainam para
sa atin, dahil kung wala tayo hindi sila magiging ganap.

12 Samakatwid, sapagkat napapaligiran tayo ng
napakaraming mga saksi, itapon nating lahat ang
mga bagay na nagpapabigat sa atin at ang kasalanan na
madaling makagapos sa atin. Dapat may katiyagaan tayong
magpatuloy sa takbuhin na inilagay sa ating harapan. 2
Dapat nating ituon ang ating mga mata kay Jesus, ang may-
akda at nagpapaganap ng ating pananampalataya, dahil sa
kagalakan na inilaan sa kaniya, na nagdala sa kaniya na
nagtiis sa krus sa kabila ng kahihiyan, at umupo sa kanang
kamay ng trono ng Diyos. 3 Kaya isinaalang-alang niya na
tiisin ang mga masasakit na salita mula sa mga makasalan
laban sa kaniya upang tayo ay hindi na mapapagod at
manghihina. 4 Hindi niyo pa tinanggihan o nilabanan ang
kasalanan na humantong sa pagkaubos ng dugo. 5 At
nakalimutan na ninyo ang ibinigay na lakas at pag-asa na
itinuro sa inyo bilang mga anak:” Aking anak, huwag mong
babaliwalain ang pagdidisiplina ng Panginoon, ni ilayo ang
iyong puso kung ikaw ay kanyang tinutuwid” 6 Sapagkat ang
Panginoon ay nagdidisiplina sa sinumang minamahal niya, at
pinarurusahan niya ang bawat anak na kanyang tinatanggap.
7 Tiisin ang pagsubok bilang pagdisiplina. Nakikitungo ang
Diyos sa inyo bilang mga anak, sapagkat sino bang anak
ang hindi dinidisiplina ng kaniyang ama? 8 Ngunit kung kayo
ay walang disiplina, kung saan lahat tayo ay dapat kabahagi,
kung gayon hindi kayo mga tunay na anak at mga anak sa
labas. 9 Bukod dito, mayroon tayong mga makamundong
amang nagdidisiplina sa atin, at iginagalang natin sila. Hindi
ba dapat nararapat na mas higit tayong sumunod sa Ama
ng mga espiritu at mabuhay? 10 Sapagkat ang ating mga
ama nga ay nagdidisplina sa atin ng ilang mga taon sa alam
nilang tama para sa kanila, subalit tayo ay dinidisiplina ng
Diyos upang tayo ay makibahagi sa kaniyang kabanalan. 11
Walang disiplina sa kasalukuyan na masaya kundi masakit.
Gayunpaman, sa ibang pagkakataon ito ay magbibigay
ng mapayapang bunga ng katuwiran para sa sinumang
nagsanay sa pamamagitan nito. 12 Samakatuwid itaas ninyo
ang inyong mga kamay na nakababa at palakasing muli
ang nanghihinang mga tuhod; 13 gawin mong matuwid ang

mga daan ng iyong mga paa, upang ang sinumang pilay
ay hindi maliligaw sa halip ay gagaling. 14 Sikapin ang
kapayapaan sa lahat ng mga tao, at gayundin ang kabanalan
na kung wala ito walang makakakita sa Panginoon. 15
Maging maingat upang walang sinuman ang hindi maisama
mula sa biyaya ng Diyos, at walang ugat ng kapaitan ang
tumubo upang maging dahilan ng hindi pagkakaunawaan
at mahawa ang marami. 16 Maging maingat na walang
maki-apid sa inyo, o hindi maka-diyos na tao kagaya ni
Esau na ipinagpalit sa isang pagkain ang karapatan bilang
panganay. 17 Sapagkat alam ninyo na pagkatapos, nang
kaniyang naising makamit ang biyaya, siya ay tinanggihan
dahil hindi siya nagkaroon ng pagkakataong magsisisi sa
kaniyang ama, kahit na pilit niya itong hinangad nang may
mga luha. 18 Sapagkat hindi kayo lumapit sa isang bundok
na nahahawakan, isang bundok na nag-aalab ng apoy,
kadiliman, kalungkutan at bagyo. 19 Hindi kayo pumarito
dahil sa ingay ng trumpeta, o sa mga salitang galing sa
isang tinig na ang mga nakarinig nito ay nagmamaka-awang
wala ng salitang sasabihin sa kanila. 20 Sapagkat hindi nila
kayang tanggapin kung ano man ang iniutos: na kahit may
isang hayop na hahawak sa bundok, dapat itong batuhin,"
21 Kaya nakakatakot ang tanawin na sinabi ni Moises,"
Ako ay sobrang nasindak na ako ay nanginginig. 22 Sa
halip, kayo ay lumapit sa Bundok ng Zion at sa lungsod ng
Diyos na buhay, ang makalangit na Jerusalem, at sa hindi
mabilang na hukbo ng mga anghel na nagdiriwang. 23 Kayo
ay lumalapit sa kapulungan ng mga unang ipinanganak na
inilista sa langit, sa Diyos na hukom ng lahat, at sa mga
espiritu ng katuwiran na naging ganap. 24 Kayo ay lumapit
kay Jesus na tagapamagitan ng isang bagong tipan, at sa
dugong naikalat na higit na nagsasalita ng mabuti kaysa sa
dugo ni Abel. 25 Tiyakin ninyo na hindi ninyo tinanggihan
ang nagsasalita. Sapagkat kung hindi sila nakatakas ng sila
ay tumanggi sa isang nagbigay babala sa kanila dito sa lupa,
tiyak na hindi tayo makakatakas, kung tatalikod tayo mula sa
nagbabala mula sa langit. 26 At sa mga oras na iyon ang
kaniyang tinig ang yayanig sa lupa. Subalit ngayon nangako
siya at sinabi, "Minsan ko pang yayanigin hindi lamang ang
lupa ngunit maging ang kalangitan." 27 Ang mga salitang ito
na," Ngunit minsan pa," ay nagpapahiwatig sa pagtanggal ng
mga bagay na nayayanig, iyon ay ang mga bagay na nilikha,
upang ang mga bagay na hindi nayayanig ay mananatili.
28 Samakatuwid, magpapasalamat tayo sa pagtanggap ng
isang kahariang hindi nayayanig, at sa ganitong pagpupuri
sa Diyos sa paraang katanggaptanggap na may paggalang
at paghanga 29 sapagkat ang ating Diyos ay parang apoy
na nakakatupok

13 Hayaang magpatuloy ang pag-ibig bilang mga
magkakapatid. 2 Huwag kalimutang malugod na
tanggapin ang mga dayuhan sapagkat sa paggawa nito ay
hindi ninyo alam na ang iba sa mga tinatanggap ninyo ay
mga anghel. 3 Alalahanin ninyo ang mga nasa bilangguan,
na parang kayo ay kasama rin nila doon at ang inyong mga
katawan ay pinagmamalupitan ng kagaya nila. 4 Dapat
igalang ng lahat ang pag-aasawa at panatilihing dalisay
ang pagtatalik ng mag-asawa, sapagkat hahatulan ng Diyos
ang mga nakiki-apid at ang mga nangangalunya. 5 Dapat
ang paraan ng inyong pamumuhay ay maging malaya
mula sa labis na pagmamahal sa pera. Masiyahan sa mga
bagay na mayroon kayo, sapagkat sinabi mismo ng Diyos,"
Hindi kita iiwan ni pababayaan man." 6 Dapat tayo ay
masiyahan upang masabi natin ng may katapangan," Ang
Panginoon ang tutulong sa akin hindi ako matatakot Ano ang
magagawa ng sinuman sa akin. 7 Alalahanin ninyo ang mga
nangunguna sa inyo, sa mga nagsasalita ng Salita ng Diyos
sa inyo, at alalahanin ninyo ang bunga ng kanilang ugali;
tularan ninyo ang kanilang pananampalataya. 8 Si Jesu-
Cristo ay hindi nagbabago kahapon, ngayon at magpakaylan
man. **(aiōn g165)** 9 Huwag kayong magpadala sa mga sari-
sari at kakaibang mga katuruan, sapagkat mas mabuti na
ang ating puso ay mahubog sa pamamagitan ng biyaya,
hindi sa mga tuntunin ng mga pagkain na hindi naman
nakakatulong upang sila ay mabuhay. 10 Mayroon tayong
altar na kung saan ang mga naglilingkod sa tabernakulo ay
walang karapatang kainin. 11 Sapagkat ang dugo ng mga
hayop, na inialay para sa ating mga kaslanan, ay dadalhin
ng pinaka-punong pari sa banal na lugar, ngunit ang kanilang
katawan ay susunugin sa labas ng kampo 12 Samakatuwid
si Jesus ay nagdusa rin sa labas ng tarangkahan papasok ng
lungsod upang ialay ang mga tao sa Diyos sa pamamagitan
ng kaniyang sariling dugo. 13 Kaya tayo ay dapat lumapit sa
kaniya sa labas ng kampo, dala ang kaniyang kahihiyan. 14
Dahil wala tayong nanatiling lungsod dito, sa halip hinahanap
natin ang lungsod na darating. 15 Sa pamamagitan ni Jesus
dapat patuloy tayong mag-alay ng handog na papuri sa
Dios, papuri na bunga ng ating mga labi na kumikilala
sa kaniyang pangalan. 16 At huwag ninyong kalilimutang
gumawa ng mabuti at tumulong sa bawat isa, sapagkat sa
ganitong handog lubos na nalulugod ang Diyos. 17 Sumunod
at magpasakop sa inyong mga pinuno, sapagkat sila ang
nagbabantay sa inyo alang-alang sa inyong mga kaluluwa,
tulad nilang may pananagutan. Sumunod upang kayo ay
ingatan ng inyong mga pinuno na may kagalakan at hindi ng
dalamhati, kung saan hindi ito makakatulong sa inyo. 18
Ipanalangin ninyo kami, sapagkat kami ay nakatitiyak na
malilinis ang aming budhi, naghahangad na mabuhay ng

kagalang-galang sa lahat ng mga bagay. **19** At hinihimok ko
kayong lahat na gumawa pa ng mas higit dito, upang ako
ay maaaring makabalik sa lalong madaling panahon. **20**
Ngayon nawa ang Diyos ng kapayapaan, na siyang nagbalik
mula sa kamatayan ang dakilang Pastol ng mga tupa,
Ang ating Panginoong Jesus, sa pamamagitan ng dugo ng
walang hanggang tipan, **(aiōnios g166)** **21** ay magbigay sa inyo
ng bawat mabubuting bagay upang gawin ang kaniyang
kalooban, kumikilos sa atin na mga nakakalugod sa kaniyang
paningin, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, na nararapat
tumanggap ng papuri magpakailan man. Amen **(aiōn g165)** **22**
Ngayon hinihikayat ko kayo mga kapatid, na tanggapin ninyo
ang salitang nagpapalakas sa maiksing sulat ko sa inyo.
**23** Nais kong malaman ninyo na si Timoteo ay napalaya
na, kung saan isasama ko siya sa aking pagdalaw kung
darating siya kaagad. **24** Batiin ninyo ang lahat ng inyong
mga pinuno at ang lahat ng mga mananampalataya. Ang
mga taga- Italya ay bumabati sa inyo. **25** Ang biyaya ng
Diyos ang sumainyo nawang lahat.

# Santiago

1 Ako, si Santiago, isang alagad ng Diyos at ng Panginoong
Jesu-Cristo, ay bumabati sa labindalawang tribu na
nasa pangangalat. 2 Ituring ninyong kagalakan ito mga
kapatid, kung nakakaranas kayo ng ibat-ibang kaguluhan,
3 dahil nalalaman ninyo na ang pagsubok sa inyong
pananampalataya ay nagdudulot ng pagtitiis. 4 Hayaan
ang pagtitiis na tapusin ang kaniyang gawa, upang kayo ay
ganap na lumago, na walang kakulangan. 5 Ngunit kung
sinuman sa inyo ay nangangailangan ng karunungan, hingin
ninyo ito sa Diyos, ang mapagbigay at walang panunumbat
sa lahat ng humihingi, at tutugunin niya ito. 6 Ngunit humingi
nang may pananampalataya, nang walang pag-aalinlangan,
sapagkat ang nagdadalawang isip ay katulad ng alon sa
dagat, na tinatangay ng hangin, kung saan. 7 Sapagkat ang
taong iyon ay hindi dapat mag-isip na matatanggap niya ang
kaniyang kahilingan sa Panginoon, 8 ang ganitong tao ay
dalawa ang pag-iisip at pabagu-bago sa lahat ng kaniyang
ginagawa. 9 Ang mahirap na kapatid ay dapat luwalhatiin
sa kaniyang mataas na kalagayan, 10 samantalang ang
mayaman na kapatid sa kaniyang kababaang loob, sapagkat
siya ay lilipas katulad ng mga bulaklak ng damo sa bukid na
lumilipas. 11 Sumisikat ang araw na may nakakasunog na init
at natutuyo ang halaman at ang mga bulaklak ay nalalagas,
at mawawala ang kagandahan nito. Sa parehong paraan
ang mayamang mga tao ay mawawala sa kalagitnaan ng
kanilang mga gawain. 12 Pinagpala ang tao na nagtitiis sa
pagsubok, sapagkat pagkatapos niyang mapagtagumpayan
ang pagsubok, makakatanggap siya ng korona ng buhay, na
ipinangako sa mga nagmamahal sa Diyos. 13 Huwag sabihin
ng sinuman kapag siya ay tinukso, "Ang pagsubok na ito ay
galing sa Diyos," Sapagkat ang Diyos ay hindi tinukso ng
diyablo, at ang Diyos mismo ay hindi tinutukso ang sino man.
14 Ang bawat tao ay natutukso ng kaniyang masamang mga
pagnanasa kung saan inaakit at itinutulak siya palayo. 15
At pagkatapos na maglihi ang makasalanang pagnanasa,
ang kasalanan ay maipapanganak at pagkatapos lumaki ng
kasalanan hahantong ito sa kamatayan. 16 Huwag kayong
magpalinlang, mga minamahal kong kapatid. 17 Ang bawat
mabuti at ganap na kaloob ay mula sa itaas, bumaba mula
sa Ama ng mga liwanag. Hindi siya nagbabago katulad ng
paglipat ng anino. 18 Pinili ng Diyos na bigyan tayo ng buhay
sa pamamagitan ng salita ng katotohanan, upang maging
katulad tayo ng mga unang bunga sa kaniyang mga nilikha.
19 Alam ninyo ito, mga minamahal kong kapatid. Bawat tao
ay dapat mabilis sa pakikinig, dahan-dahan sa pananalita,
at hindi agad nagagalit, 20 sapagkat ang galit ng tao ay
hindi gumagawa ng katuwiran ng Diyos. 21 Kaya alisin ninyo
ang lahat ng gawaing makasalanan at ang kasamaan na
nasa lahat ng dako, at sa kababaang-loob tanggapin ang
itinanim na salita, na makakapagligtas sa inyong kaluluwa.
22 Sundin ninyo ang salita, huwag lamang itong pakinggan,
kung saan dinadaya ninyo lang ang inyong mga sarili. 23
Sapagkat kung sinuman ang nakarinig ng salita at hindi ito
ginagawa, para siyang isang taong humarap sa salamin
at tiningnan ang kaniyang likas na mukha sa salamin. 24
Tinignan ang kaniyang mukha, at umalis, at hindi nagtagal
nakalimutan niya kung ano ang kaniyang itsura. 25 Ngunit
ang taong tumitingin ng maingat sa ganap na batas, ang
batas na nagbibigay ng kalayaan, at patuloy na sinusunod
ito, hindi lamang siya naging tagapakinig na nakakalimot,
ang taong ito ay pagpapalain habang ginagawa niya ito.
26 Kung sinuman ang nag-iisip sa kaniyang sarili na siya
ay relihiyoso, ngunit hindi mapigilan ang kaniyang dila,
niloloko niya ang kaniyang sarili at ang kaniyang relihiyon ay
walang kabuluhan. 27 Ito ay dalisay at walang karumihang
relihiyon sa harap ng ating Diyos at Ama: para tulungan ang
mga walang ama at balo sa kanilang kapighatian, at para
pangalagaan ang sarili mula sa katiwaliaan ng mundo.

2 Mga kapatid ko huwag natin sundin ang pananampalataya
ng ating Panginoon Jesus-Cristo, na Panginoon ng
kadakilaan, na may pagtatangi sa ilang mga tao, 2 Kung
may taong pumasok sa inyong pagpupulong na may suot na
mga gintong singsing at may mga marangyang kasuotan, at
mayroon ding pumasok na taong mahirap na may maruming
kasuotan, 3 at nagbigay lamang kayo ng pansin sa taong
may marangyang kasuotan, at sinabing, "Maupo po kayo rito
sa magandang lugar," ngunit sinabi mo sa taong mahirap,
"Tumayo ka sa banda roon," o kaya ay, "maupo ka sa
aking paanan," 4 hindi ba kayo gumagawa ng paghatol sa
inyong sarili, at nagiging hukom ng may mga masasamang
kaisipan? 5 Makinig kayo, mga minamahal kong kapatid,
hindi ba pinili ng Diyos ang mga mahihirap sa mundong ito
upang maging mayaman sa pananampalataya at manahin
ang kaharian na ipinangako sa kanila na nagmamahal sa
kaniya? 6 Ngunit hindi ninyo binigyan ng karangalan ang
mahihirap! Hindi ba ang mayayaman, sila ay ang ang nang-
aapi sa inyo, at hindi ba sila ang nagkakaladkad sa inyo
sa mga hukuman? 7 Hindi ba ang mayaman ang lumalait
sa magandang pangalan kung kanino kayo tinawag? 8
Gayunman, kung tinutupad ninyo ang mga maharlikang
kautusan, na naisulat sa mga kasulatan, "Mahalin ninyo ang
inyong kapwa tulad ng inyong sarili," maganda ang ginagawa
ninyo. 9 Ngunit kung nagbibigay kayo ng pagtatangi sa
ilang tao, kayo ay nagkakasala, nahatulan ng kautusan
bilang isang lumalabag sa batas. 10 Kung sinuman ang
sumusunod sa lahat ng kautusan, ngunit matisod sa isa

sa mga ito, magkakasala siya sa pagsuway sa lahat ng
kautusan! 11 Sapagkat ang Diyos na nagsasabi ng,"Huwag
kang mangangalunya," nagsabi ring, "Huwag papatay." Kung
hindi ka nangalunya, ngunit ikaw ay pumatay, sinuway mo
ang kautusan ng Diyos. 12 Kaya't magsalita at sumunod
katulad nila na malapit ng hatulan sa pamamagitan ng
batas ng kalayaan. 13 Sapagkat darating ang paghahatol
na walang kahabagan sa kanila na nagpakita ng walang
kahabagan. Ang kahabagan ay nagtatagumpay laban sa
kahatulan! 14 Ano ang kabutihan nito, mga kapatid, kung may
magsasabi na mayroon siyang pananampalataya, ngunit
wala siyang mga gawa? Kaya ba ng pananampalatayang
iyon na iligtas siya? 15 Kung ang kapatid na lalaki o
kapatid na babae ang nangangailangan ng kasuotan at
pagkain araw-araw, 16 at ang isa sa inyo ay magsasabi sa
kanila, "Humayo kayong mapayapa, mangagpainit kayo at
magpakabusog kayo,"' subalit hindi ninyo sila binigyan ng
mga kinakailangan para sa katawan, anong kabutihan iyon?
17 Sa ganuon ding pamamaraan ang pananampalataya lang,
kung hindi ito nagtataglay ng mga gawa, ay patay. 18 Ngunit
may isang magsasabing, "Mayroon kang pananampalataya,
at mayroon akong gawa." Ipakita mo sa akin ang iyong
pananampalataya na walang gawa, at ipapakita ko sa iyo
ang aking pananampalataya sa pamamagitan ng aking mga
gawa. 19 Naniniwala ka na ang Diyos ay iisa; tama ka.
Ngunit ang mga demonyo ay naniniwala rin at nanginginig.
20 Gusto mo bang malaman, taong mangmang, kung paano
na ang pananampalataya na walang gawa ay walang
kabuluhan? 21 Hindi ba si Abraham na ating patriyarka ay
pinawalang-sala ng Diyos sa pamamagitan ng mga gawa
nang ihain niya sa altar ang anak niyang si Isaac? 22 Nakita
ninyo na ang pananampalataya ay kumilos kasama ang
kaniyang gawa, at sa pamamagitan ng paggawa nakamit ng
kaniyang pananampalataya ang layunin nito. 23 Natupad ang
kasulatan na nagsasabing, "Naniwala si Abraham sa Diyos,
at ibinilang ito sa kaniya na katuwiran." Kaya't si Abraham
ay tinawag na kaibigan ng Diyos. 24 Nakita ninyo na sa
pamamagitan ng mga gawa ang tao ay mapapa-walang
sala, at hindi sa pananampalataya lamang. 25 Sa parehong
paraan din hindi ba't si Rahab na nagbebenta ng aliw ay
napawalang sala sa pamamagitan ng gawa, nang tinanggap
niya ang mga mensahero at pinaalis sila sa pamamagitan
ng ibang daan? 26 Kung paanong ang katawan na hiwalay
sa espiritu ay patay, gayon din ang pananampalataya na
hiwalay sa mga gawa ay patay.

**3** Hindi dapat maging guro ang marami sa inyo, mga kapatid
ko, alam nating matatanggap natin ang mas higit na
paghahatol. 2 Sapagkat natitisod tayong lahat sa maraming
paraan. Kung sinuman ang hindi natitisod sa kaniyang
pananalita, siya ay taong ganap, na may kakayahang pigilan
din ang kaniyang buong katawan. 3 Ngayon kung lalagyan
natin ng busal ang bibig ng kabayo susundin nila tayo, at
mapapabaling natin ang kanilang buong katawan. 4 Pansinin
din ang mga barko, kahit na napakalaki nila at tinutulak
ng malalakas na hangin, ay nababaling kahit saan nais
ibaling ng piloto sa pamamagitan ng napakaliit na timon. 5
Ganoon din ang dila na isang maliit na bahagi ng katawan,
ngunit nagyayabang ng malalaking bagay. Pansinin kung
paano ang isang malawak na kagubatan ay nasusunog ng
isang maliit na apoy! 6 Ang dila ay isa ring apoy, isang
mundo ng makasalanan na inilagay sa bahagi ng ating mga
katawan, nagpaparumi sa buong katawan at pinagniningas
ang daan ng buhay, at ito ay nakatakdang apoy mula sa
impiyerno. **(Geenna g1067)** 7 Bawat uri ng mga mababangis
na hayop, mga ibon, mga gumagapang at mga nilalang
sa dagat ay kayang paamuin at napaamo ng mga tao, 8
ngunit walang kahit na sinuman ang makapagpapaamo ng
dila: walang tigil na kasamaan, puno ng nakamamatay na
lason. 9 Sa pamamagitan ng dila pinupuri natin ang ating
Panginoon at Ama, at sa pamamagitan nito nagsusumpa
tayo ng tao, na nilikhang kalarawan ng Diyos. 10 Galing sa
iisang bibig ang pagsasalita ng pagpapala at pagsusumpa.
Aking mga kapatid, hindi dapat mangyari ang mga bagay
na ito. 11 Lumalabas ba sa bukal ang parehong sariwa
at mapait na tubig? 12 Aking mga kapatid, maaari bang
ang isang puno ng igos ay mamunga ng mga olibo? o
ang isang puno ng ubas mamunga ng igos? Hindi rin
lumalabas sa iisang bukal ang tubig-tabang at tubig-alat 13
Sino sa inyo ang marunong at nakakaunawa? Hayaan ang
taong iyan na ipakita ang kaniyang magandang buhay sa
pamamagitan ng kaniyang mga gawa sa kapakumbabaan na
nagmumula sa karunungan. 14 Ngunit kung mayroon kayong
mapait na paninibugho at makasariling hangarin sa inyong
puso, huwag kayong magmayabang at magsinungaling
laban sa katotohanan. 15 Hindi ito ang karunungang
nagmumula sa itaas, sa halip ay makamundo, hindi
espiritwal, mula sa diyablo. 16 Sapagkat kung saan may
paninibugho at makasariling hangaring umiiral, may pagkalito
at masasamang pag-uugali. 17 Ngunit ang karunungang mula
sa itaas unang-una ay dalisay, at maibigin sa kapayapaan,
mahinahon, may nag-aalab na puso, puno ng awa at
mabuting bunga, walang inaayunang ibang tao, at tapat.
18 At ang bunga ng katuwiran ay naitanim sa kapayapaan
alang-alang sa mga gumagawa ng kapayapaan.

**4** Saan nanggaling ang pag-aaway at alitan sa inyo? Hindi
ba nagmula ito sa inyong mga masamang hangarin na
lumalaban sa inyong mga miyembro? 2 Hinahangad ninyo
kung anong wala kayo. Pumatay kayo at hinabol ninyo

kung anong hindi mapapasainyo. Nakipag-away kayo at
nakipagtalo, subalit hindi ninyo nakuha dahil hindi kayo
humingi sa Diyos. 3 Humingi kayo at hindi ninyo natanggap
dahil humihingi kayo ng mga masasamang bagay, upang
gamitin ninyo sa inyong mga masasamang hangarin. 4
Kayong mga mangangalunya! Hindi ba ninyo alam na ang
pakikipagkaibigan sa mundo ay pakikipag-away laban sa
Diyos? Kaya, sinuman ang magpasiyang maging kaibigan
ng mundo ay ginawa niya mismo ang kaniyang sarili na
kaaway ng Diyos. 5 O inisip ninyo ba na ang kasulatan
ay walang kahulugan noong sinabi nito na ang Espiritu
na ipinagkaloob niya sa atin ay labis na naninibugho para
sa atin? 6 Ngunit ang Diyos ay nagbibigay ng mas higit
na biyaya, kaya't sinasabi ng kasulatan na "Ang Diyos
ay sumasalungat sa mapagmataas, ngunit nagbibigay ng
biyaya sa mapagpakumbaba." 7 Kaya, magpasakop kayo sa
Diyos. Labanan ninyo ang diyablo at lalayo siya sa inyo. 8
Lumapit kayo sa Diyos, at siya ay lalapit sa inyo. Linisin ang
inyong mga kamay, kayong mga makasalanan, at gawing
dalisay ang inyong mga puso, kayong mga nagdadalawang-
isip. 9 Magdalamhati kayo, humagulgol kayo, at umiyak!
Ibaling ang inyong kasiyahan sa kapighatian at ang inyong
kagalakan sa kalungkutan. 10 Magpakumbaba kayo sa
harap ng Panginoon, at kayo ay kaniyang itataas. 11 Huwag
kayong magsalita laban sa isa't-isa, mga kapatid. Ang
taong nagsasalita laban sa kaniyang kapatid o naghahatol
sa kaniyang kapatid ay nagsasalita laban sa kautusan at
humahatol sa batas ng Diyos. Kapag hinatulan ninyo ang
kautusan, hindi ninyo sinusunod ang batas, ngunit isang
tagahatol ng mga ito. 12 Iisa lamang ang nagbigay ng batas
at taga-hatol, ang Diyos, na kayang magligtas at sumira.
Sino kayo upang humatol sa inyong kapwa? 13 Makinig,
kayo na mga nagsasabing, "Ngayon o bukas ay pupunta
tayo sa ganitong bayan, at titigil ng isang taon doon, at
mangangalakal, at kikita." 14 Sino ang nakakaalam kung ano
ang mangyayari bukas, at ano nga ba ang inyong buhay?
Dahil katulad kayo ng hamog na sandaling lumilitaw at
biglang nawawala. 15 Sa halip ganito dapat ang sabihin
ninyo, "Kung ito ang kalooban ng Panginoon, at nabubuhay
pa kami gagawin namin ito o iyan." 16 Ngunit ngayon, kayo
ay naghahambog patungkol sa inyong mga plano. Ang lahat
ng paghahambog na iyan ay masama. 17 Kaya, para sa
kaniya na nakakaalam gumawa ng mabuti ngunit hindi ito
ginagawa, para sa kaniya ito ay kasalanan.

**5** Ngayon, lumapit kayo mga mayayaman, umiyak kayo
ng malakas dahil sa kahirapan na darating sa inyo. 2
Ang inyong mga kayamanan ay nabubulok at ang inyong
mga kasuotan ay kinakain ng anay. 3 Ang inyong ginto at
pilak ay wala nang kabuluhan, at ang kanilang kalawang
ang magpapatotoo laban sa inyo at susunog ng inyong mga
laman gaya ng apoy. Nag-iipon kayo ng inyong kayaman
sa huling mga araw. 4 Tingnan ninyo, ang bayad ng mga
manggagawa—silang mga hindi ninyo binayaran para sa
pag-aani ng inyong mga bukid—sumigaw sila ng malakas!
At ang mga sigaw ng mga taong nag-aani ng inyong
mga pananim ay nakaabot sa tainga ng Panginoon ng
mga Hukbo. 5 Kayo ay nabuhay ng marangya sa ibabaw
ng lupa at nagpakasasa sa inyong mga sarili. Pinataba
ninyo ang inyong mga puso sa isang araw ng pagkatay.
6 Hinatulan ninyo at pinatay ang mga matuwid na hindi
lumalaban sa inyo. 7 Kaya maging matiyaga, mga kapatid,
hanggang sa pagdating ng Panginoon, katulad ng magsasaka
na naghihintay ng mahalagang ani ng lupa, Matiyagang
naghihintay dito, hangang sa una at huling pagbuhos ng
ulan. 8 Kayo rin ay maging matiyaga; ayusin ninyo ang
inyong mga puso, dahil ang pagdating ng Panginoon ay
malapit na. 9 Huwag magreklamo, mga kapatid, laban sa
isa't-isa upang kayo ay hindi mahatulan. Tingnan ninyo, ang
hukom ay nakatayo sa pintuan. 10 Bilang isang halimbawa,
mga kapatid, ituring ninyo ang mga pagdurusa at pagtitiyaga
ng mga propeta na nagsalita sa pangalan ng Panginoon.
11 Tingnan ninyo, tinatawag namin ang mga nagtitiyaga,
na "pinagpala." Narinig ninyo ang pagtitiis ni Job, at alam
ninyo ang layunin ng Panginoon para kay Job, kung paano
ang Panginoon ay puno ng kahabagan at awa. 12 Higit sa
lahat, mga kapatid ko, huwag kayong mangangako, maging
sa langit o maging sa lupa, o sa pamamgitan ng anumang
panunumpa, ngunit gawin ninyo ang "Oo" na "Oo" at ang
inyong "Hindi" na "Hindi," upang hindi kayo mahatulan. 13
Mayroon bang nagdurusa sa inyo? Dapat siyang manalangin.
14 Mayroon bang masaya sa inyo? Hayaan siyang umawit
ng papuri. Mayroon bang may sakit sa inyo? Hayaan siyang
tawagin ang mga nakatatanda ng iglesya at hayaan siyang
ipanalangin ng mga nakatatanda, at pahiran siya ng langis
sa pangalan ng Panginoon, 15 at ang panalangin ng may
pananampalataya ang magpapagaling sa taong may sakit,
at ang Panginoon ang magtataas sa kaniya. Kung nakagawa
siya ng kasalanan, patatawarin siya ng Diyos. 16 Kaya
ihayag ninyo ang inyong mga kasalanan sa bawat isa at
ipanalangin ang bawat isa upang kayo ay mapagaling. Ang
panalangin ng matuwid ay magdudulot ng malaking bunga.
17 Si Elias ay tao din na may pakiramdaman kagaya natin.
Siya ay taimtim na nanalangin na huwag umulan at hindi
nga umulan sa lupa ng tatlong taon at anim na buwan. 18 At
si Elias ay muling nanalangin at ibinuhos ng langit ang ulan
sa lupa at ito ay nagbigay ng ani. 19 Aking mga kapatid,
kung sinuman sa inyo ang naliligaw mula sa katotohanan
ngunit mayroong umakay sa kaniya pabalik, 20 ipaalam

sa kaniya na kung sinuman ang umakay sa makasalanan na makalabas sa kaniyang maling daan, maliligtas ang kaniyang kaluluwa mula sa kamatayan at matatabunan ang maraming kasalanan.

# 1 Pedro

**1** Si Pedro, na apostol ni Jesu Cristo, sa mga dayuhang
nasa iba't ibang dako, sa mga pinili na nasa Ponto,
Galacia, Capadocia, Asia, at Bitinia, **2** ayon sa kaalaman
ng Diyos Ama sa simula pa lang, sa pagpapabanal ng
Banal na Espiritu, para sa pagsunod kay Jesu Cristo,
at para sa pagwiwisik ng kaniyang dugo. Sumainyo ang
biyaya, at sumagana ang inyong kapayapaan. **3** Papurihan
ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu Cristo. Sa
kaniyang dakilang kahabagan, nagbigay siya sa atin ng
bagong kapanganakan para sa katiyakan ng pamana sa
pamamagitan ng pagkabuhay muli ni Jesu Cristo mula
sa kamatayan— **4** para sa pamanang hindi maglalaho,
hindi madudungisan, at hindi kukupas. Nakalaan ito sa
langit para sa inyo. **5** Sa kapangyarihan ng Diyos kayo ay
iniingatan sa pamamagitan ng pananampalataya para sa
kaligtasan na nakahandang maihayag sa huling panahon.
**6** Magagalak kayo dito, kahit na ngayon, kinakailangan
ninyong makaramdam ng kapighatian dahil sa ibat-ibang
mga pagsubok. **7** Ito ay para ang inyong pananampalataya
ay masubok, pananampalataya na higit na mas mahalaga
kaysa sa ginto na naglalaho sa apoy na sumusubok
sa inyong pananampalataya. Nangyayari ito upang ang
inyong pananampalataya ay matagpuang nagbubunga ng
pagpupuri, kaluwalhatian, at karangalan sa kapahayagan ni
Jesu Cristo. **8** Hindi ninyo siya nakita, pero mahal ninyo siya.
Hindi ninyo siya nakikita ngayon, ngunit naniniwala kayo sa
kaniya at lubos kayong nagagalak na may kaligayahang
hindi maipaliwanag na punong-puno ng kaluwalhatian.
**9** Kayo mismo ang tumatanggap ng bunga ng inyong
pananampalataya, ang kaligtasan ng inyong mga kaluluwa.
**10** Maingat na sinaliksik at sinuri ng mga propeta ang
patungkol sa kaligtasang ito, tungkol sa biyaya na mapapasa-
inyo. **11** Nagsaliksik sila upang malaman kung anong uri
ng kaligtasan ang darating. Nagsaliksik din sila upang
malaman ang patungkol sa panahon na sinasabi sa kanila
ng Espiritu ni Cristo na nasa kanila. Nangyayari ang mga ito
habang sinasabi niya sa kanila, bago pa man mangyari, ang
patungkol sa pagdurusa ni Cristo, at ang mga kaluwalhatiang
darating kasunod niya. **12** Naihayag sa mga propeta na
naglilingkod sila sa mga bagay na ito, hindi para sa kanilang
sarili, kung hindi para sa inyo— ang pagsasabi ng mga bagay
na ito sa pamamagitan ng mga nagdadala ng ebanghelyo
sa inyo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na isinugo
mula sa langit, mga bagay na ninanais maipahayag maging
ng mga anghel. **13** Kaya't bigkisan ninyo ang baywang ng
inyong kaisipan. Maging mahinahon kayo sa inyong pag-
iisip. Magkaroon kayo ng buong kapanatagan sa biyaya na
dadalhin sa inyo sa kapahayagan ni Jesu Cristo. **14** Tulad
ng masunuring mga anak, huwag ninyong i-ayon ang inyong
mga sarili sa mga pagnanasa na inyong sinunod noong wala
pa kayong kaalaman. **15** Dahil gaya ng ang tumawag sa
inyo ay banal, kayo rin, at magpakabanal sa lahat ng inyong
ginagawa sa buhay. **16** Sapagkat nasusulat, “Magpakabanal
kayo, sapagkat ako ay banal.” **17** At kung tinatawag ninyong
“Ama” ang tagahatol na walang pagtatangi ayon sa ginagawa
ng bawat tao, bigyang panahon ng inyong paglalakbay nang
may mataas na pagtingin sa kaniya. **18** Alam ninyo na
hindi sa mga pilak o ginto— mga bagay na naglalaho— na
kayo ay tinubos mula sa hangal na pamumuhay na inyong
natutunan sa inyong mga ninuno. **19** Pero kayo ay tinubos sa
marangal na dugo ni Cristo, tulad ng isang tupa na walang
kapintasan at walang karumihan. **20** Pinili si Cristo bago
pa ang pagkalikha ng mundo, pero ngayon, sa mga huling
panahon, naihayag siya sa inyo. **21** Naniniwala kayo sa
Diyos sa pamamagitan niya, na binuhay ng Diyos mula sa
mga patay at sa kaniya na binigyan ng kaluwalhatian upang
ang inyong pananampalataya at pagtitiwala ay mailaan
sa Diyos. **22** Ginawa ninyong dalisay ang inyong mga
kaluluwa sa pamamagitan ng pagsunod sa katotohanan
para sa taos-pusong pagmamahal para sa kapatiran, kaya
masugid ninyong ibigin ang isa't isa. **23** Ipinanganak kayong
muli, hindi mula sa naglalahong binhi, ngunit mula sa hindi
naglalahong binhi, sa pamamagitan ng buhay at nananatiling
salita ng Diyos. **(aiōn g165)** **24** Sapagkat “Ang lahat ng laman
ay tulad ng damo, at ang lahat ng kagandahan nito ay tulad
ng bulakalak. Ang damo ay malalanta, at ang bulaklak ay
malalaglag, **25** pero ang salita ng Panginoon ay mananatili
magpakailanman.” Ito ang mensahe na ipinahayag bilang
ebanghelyo sa inyo. **(aiōn g165)**

**2** Kaya isantabi ninyo ang lahat ng kasamaan, panlilinlang,
pagpapa-imbabaw, pagka-inggit, at paninirang-puri. **2**
Katulad ng bagong silang na sanggol, naisin ninyo ang
purong gatas na espiritwal, upang kayo ay lumago sa
kaligtasan sa pamamagitan nito, **3** kung naranasan niyo
na mabuti ang Panginoon. **4** Lumapit kayo sa kaniya na
siyang buhay na bato na tinanggihan ng mga tao, pero
pinili ng Diyos at natatangi sa kaniya. **5** Tulad kayo ng
buhay na mga bato na kasalukuyang binubuo upang maging
espiritwal na tahanan, upang maging banal na mga pari
na naghahandog ng espiritwal na mga alay na katanggap-
tanggap sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu Cristo. **6** Sinasabi
ng kasulatan, “Masdan ninyo, inilatag ko sa Sion ang isang
panulukang bato, pinuno at pinili at mahalaga. Sinumang
sumampalataya sa kaniya ay hindi mapapahiya.” **7** Kaya
ang karangalan ay para sa inyo na nananampalataya.
Pero, “ang bato na tinanggihan ng mga manggagawa,

ito ang naging puno sa panulukan"— 8 at, "ang batong
katitisuran at ang batong kadarapaan." Madarapa sila sa
hindi pagsunod sa salita, kung saan sila rin ay itinalaga. 9
Subalit kayo ay piniling lahi, isang grupo ng maharlikang mga
pari, isang banal na bayan, mga taong pag-aari ng Diyos,
upang maihayag ninyo ang mga kamangha-manghang
ginawa ng tumawag sa inyo mula sa kadiliman patungo
sa kaniyang kamangha-manghang kaliwanagan. 10 Dati,
hindi kayo isang bayan, pero ngayon, kayo ay bayan na
ng Diyos. Hindi kayo tumanggap ng kahabagan, pero
ngayon, tumanggap kayo ng kahabagan. 11 Mga minamahal,
tinawag ko kayong mga dayuhan at manlalakbay upang
umiwas kayo sa masasamang pagnanasa na nakikipagdigma
sa inyong kaluluwa. 12 Dapat kayong magkaroon ng
mabuting pamumuhay sa gitna ng mga Gentil, sa gayon,
kung magsasalita sila patungkol sa inyo bilang gumagawa
ng masasamang bagay, mapagmasdan nila ang inyong
mabubuting ginagawa at papurihan nila ang Diyos sa
araw ng kaniyang pagdating. 13 Sumunod kayo sa bawat
pamahalaan, alang-alang sa Panginoon, maging ang hari
bilang kataas-taasan, 14 maging ang gobernador na isinugo
upang parusahan ang mga mapaggawa ng masama at
puruhin silang mapaggawa ng mabuti. 15 Sapagkat ito ang
kalooban ng Diyos, na sa pamamagitan ng paggawa ng
mabuti mapatahimik ninyo ang walang kabuluhang salita ng
mga hangal. 16 Bilang mga taong malaya, huwag ninyong
angkinin ang inyong kalayaan bilang panakip ng kasamaan,
sa halip, maging tulad kayo ng mga lingkod ng Diyos. 17
Igalang ninyo ang lahat ng tao. Mahalin ninyo ang kapatiran.
Magkaroon kayo ng takot sa Diyos. Igalang ninyo ang
hari. 18 Mga alipin, magpasakop kayo sa inyong mga
amo nang may buong paggalang, hindi lang sa mabuti at
mahinahon na mga amo, pero pati narin sa mga masama.
19 Sapagkat kapuri-puri ang sinumang magtitiis ng pasakit
habang nahihirapan sa kawalan ng katarungan nang dahil sa
kaniyang konsiyensya sa Diyos. 20 Sapagkat gaano kataas
na parangal ang nakalaan sa paggawa ng kasamaan at
magtiis habang pinarurusahan? Pero kung gumawa kayo ng
mabuti at nagtiis kayo habang pinarurusahan, ito ay kapuri-
puri sa Diyos. 21 Dahil dito kayo tinawag, sapagkat maging
si Cristo ay naghirap para sa inyo, nag-iwan ng halimbawa
para sa inyo upang sundan ang kaniyang mga dinaraanan.
22 Hindi siya nagkasala at walang anumang pandaraya ang
natagpuan sa kaniyang bibig. 23 Nang nilait siya, hindi
siya gumanti ng panlalait. Nang naghirap siya, hindi siya
nagbanta ng ganti, pero ibinigay niya ang kaniyang sarili sa
humahatol nang matuwid. 24 Siya mismo ang nagdala ng
ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa puno, upang
hindi na tayo magkaroon ng bahagi sa kasalanan, at upang
makapamuhay tayo para sa katuwiran. Sa pamamagitan ng
kanyang mga sugat kayo ay gumaling. 25 Kayong lahat ay
naglalakbay palayo tulad ng mga nawawalang tupa, ngunit
ngayon, bumalik kayo sa pastol at tagapagbantay ng inyong
mga kaluluwa.

**3** Sa ganitong paraan, kayong mga asawang babae ay
dapat magpasakop sa inyong mga asawa, sa gayon,
kahit may ilang hindi sumusunod sa salita, sa pamamagitan
ng pag-uugali ng kanilang asawang babae, mahikayat
sila nang walang salita, 2 dahil makikita nila ang inyong
dalisay na pag-uugali na may karangalan sa kanilang
sarili. 3 Huwag ninyo itong gawin sa pamamagitan ng
panlabas na paggayak—pagtitirintas ng buhok, pagsusuot
ng alahas, o magagarang damit. 4 Sa halip, gawin niyo
ito sa pamamagitan ng panloob na pagkatao na nasa
puso, at nang walang kupas na kagandahan ng isang
mahinahon at mapayapang espiritu na natatangi sa paningin
ng Diyos. 5 Sapagkat ang banal na mga kababaihan noon
ay minsang naggayak ng kanilang mga sarili sa ganitong
paraan. Nagtiwala sila sa Diyos at nagpasakop sila sa
kanilang mga asawa. 6 Sa ganitong paraan sumunod si
Sara kay Abraham at tinawag siyang kaniyang "panginoon."
Kayo ngayon ay kaniyang mga anak kung ginagawa ninyo
ang mabuti at kung hindi kayo natatakot sa kaguluhan. 7
Gayun din, kayong mga asawang lalaki ay dapat mamuhay
kasama ang inyong asawa nang nalalaman na sila ay
mas mahinang kabiyak, kinikilala sila na kapwa ninyong
tatanggap ng kaloob ng buhay. Gawin ninyo ito upang
ang inyong mga panalangin ay hindi mahadlangan. 8
Panghuli, lahat kayo, magkaisa kayo sa pag-iisip, mahabagin,
mapagmahal bilang magkakapatid, maging maawain, at
mapagpakumbaba. 9 Huwag ninyong suklian ang masama
ng masama o ang panlalait ng panlalait. Sa halip, patuloy
kayong magpala, sapagkat dahil dito, kayo ay tinawag
nang sa gayun magmana kayo ng pagpapala. 10 "Ang may
gustong magmahal sa buhay at makakakita ng mabubuting
araw ay kailangang pigilin ang kaniyang dila sa masama at
ang kaniyang bibig sa pagsasabi ng kasinungalingan. 11
Talikuran niya ang masama at gawin ang mabuti. Hanapin
niya ang kapayapaan at ito'y sundan. 12 Ang mga mata ng
Panginoon ay nakikita ang matuwid at naririnig ng kaniyang
tainga ang kanilang mga kahilingan. Pero ang mukha ng
Panginoon ay laban sa mga gumagawa ng masama." 13
Sino ang mananakit sa inyo kung hinahangad ninyo ang
mabuti? 14 Pero kung naghihirap kayo dahil sa katuwiran,
kayo ay pinagpala. Huwag niyong katakutan ang kanilang
kinatatakutan. Huwag kayong mababahala. 15 Sa halip, ibukod-
tangi niyo ang Panginoong Cristo sa inyong mga puso
bilang banal. Lagi kayong maging handa na sagutin ang

bawat nagtatanong sa inyo kung bakit mayroon kayong
pagtitiwala sa Diyos. Gawin ninyo ito nang may kahinahunan
at paggalang. 16 Magkaroon kayo ng malinis na budhi
upang ang mga taong umaalipusta sa inyong magandang
buhay kay Cristo ay mapahiya dahil nagsasalita sila laban
sa inyo na tila kayo ay masasamang tao. 17 Mas mainam,
kung nais ng Diyos, na kayo ay maghirap sa paggawa ng
kabutihan kaysa sa paggawa ng kasamaan. 18 Nagdusa
rin si Cristo para sa mga kasalanan. Siya na matuwid ay
nagdusa para sa atin, na mga hindi matuwid, upang tayo ay
madala niya sa Diyos. Pinatay siya sa laman, pero muling
binuhay sa espiritu. 19 Sa espiritu, nagpunta siya at nangaral
sa mga espiritu na ngayon ay naka-bilanggo. 20 Sila ay
ayaw sumunod noong ang Diyos ay matiyagang naghihintay
sa panahon ni Noe, sa mga araw ng ginagawa ang arko, at
nagligtas ang Diyos ng iilang tao—walong kaluluwa—sa
baha. 21 Ito ay sumisimbolo ng pagbabautismo na nagliligtas
sa inyo ngayon, hindi bilang paglilinis ng karumihan mula
sa katawan, pero bilang panawagan ng mabuting budhi sa
Diyos, sa pamamagitan ng pagkabuhay muli ni Jesu-Cristo.
22 Siya ay nasa kanang kamay ng Diyos. Nagpunta siya sa
langit. Ang mga anghel, mga pamahalaanan, at ang mga
kapangyarihan ay dapat magpasakop sa kaniya.

**4** Kaya nga, dahil si Cristo ay naghirap sa laman, armasan
ninyo ang inyong mga sarili ng kaparehas na hangarin.
Sinuman ang naghirap sa laman ay tumigil na sa kasalanan.
2 Ang taong ito ay hindi na namumuhay para sa mga
pansariling pagnanasa, pero para sa kalooban ng Diyos—sa
kaniyang natitirang buhay. 3 Sapagkat sapat na panahon
na ang lumipas para gawin ng mga Gentil ang nais
nilang gawin—kahalayan, pagkahumaling, paglalasing,
panggugulo, labis na pagsasaya at kasuklam-suklam na
pagsamba sa diyus-diyosan. 4 Naisip nilang kakaiba na hindi
ninyo ginagawa ang mga bagay na ito kasama sila, kaya
nagsasalita sila ng masama patungkol sa inyo. 5 Magbibigay
sila ng pagsusulit sa kaniya na handang hatulan ang lahat ng
mga tao, patay man o buhay. 6 Sa layuning ito, ipinangaral
ang ebanghelyo sa mga namatay, sa gayun, kahit na sila
ay hinatulan sa kanilang mga katawan bilang mga tao,
sila ay makapapamuhay ayon sa Diyos sa espiritu. 7 Ang
katapusan ng lahat ng mga bagay ay parating na. Kaya
magkaroon kayo ng matinong kaisipan at maliwanag na pag-
iisip para sa kapakanan ng inyong mga panalangin. 8 Higit
sa lahat ng bagay, magkaroon kayo ng taimtim na pag-ibig
para sa isa't isa, dahil ang pag-ibig ay hindi naghahangad na
matuklasan ang mga kasalanan ng iba. 9 Magpakita kayo ng
kagandahang-loob sa isa't isa nang walang pagrereklamo.
10 Ang bawat isa sa inyo ay tumanggap ng kaloob, gamitin
niyo ito para paglingkuran ang isa't isa, bilang mabuting mga
katiwala ng maraming kaloob ng Diyos. 11 Kung mayroong
nangungusap, ituring niyo ito bilang salita ng Diyos, at
kung mayroong naglilingkod, magmula ito sa lakas na
ibinibigay ng Diyos, upang sa lahat ng bagay, ang Diyos ay
maluwalhati sa pamamagitan ni Jesu- Cristo. Kaluwalhatian
at kapangyarihan ay sa kaniya magpakailanman. Amen (aiōn
g165) 12 Mga minamahal, huwag ninyong isiping kataka-
taka ang masidhing pagsubok na dumarating sa inyo, na
parang hindi ito pangkaraniwan sa inyo. 13 Pero tulad ng
pagdanas ninyo ng mga pagdurusa ni Cristo, magalak kayo,
upang kayo ay magalak at matuwa sa pagpapahayag ng
kaniyang kaluwalhatian. 14 Kung kayo ay inaalipusta dahil
sa pangalan ni Cristo, kayo ay pinagpala, dahil ang Espiritu
ng kaluwalhatian at Espiritu ng Diyos ay nasa inyo. 15
Nawa walang magdusa sa inyo bilang isang mamamatay
tao, magnanakaw, mapaggawa ng masama, o pakialamero.
16 Pero, sinuman sa inyo ang nagdurusa bilang isang
Kristiyano, huwang siyang mahiya, sa halip luwalhatiin niya
ang Diyos sa pangalan na ito. 17 Sapagkat panahon na para
ang paghuhukom ay magsimula sa sambahayan ng Diyos.
At kung magsisimula ito sa atin, ano pa ang kalalabasan
para sa mga hindi sumusunod sa ebanghelyo ng Diyos?
18 At kung “ang matuwid ay naligtas sa kabila ng mga
pagdurusa, ano pa ang mangyayari sa mga hindi maka-diyos
at sa makasalanan?” 19 Kaya ipagkatiwala nawa ng mga
nagdurusa ayon sa kalooban ng Diyos ang kanilang mga
kaluluwa sa tapat na Manlilikha habang sila ay gumagawa
ng kabutihan.

**5** Hinihikayat ko ang mga nakatatanda sa inyo, ako, na
isang kapwa nakatatanda at isang saksi sa pagdurusa ni
Cristo, at kabahagi ng kaluwalhatian na maihahayag. 2 Kaya
nga, hinihikayat ko kayo, mga nakatatanda, pangalagaan
ninyo ang kawan ng Diyos na nasa inyo. Pangalagaan niyo
sila, hindi dahil kailangan ninyo, pero dahil nais ninyo ito,
ayon sa Diyos. Pangalagaan niyo sila nang maluwag sa
inyong kalooban, hindi para sa pera. 3 Huwag kayong umasta
na tila mga amo sa mga taong nasa inyong pangangalaga, sa
halip maging halimbawa kayo sa kawan. 4 Sa kapahayagan
ng Punong Pastol, kayo ay makatatanggap ng maluwalhating
korona na hindi kumukupas. 5 Gayon din, kayong mga
nakababatang kalalakihan, magpasakop kayo sa mga
nakatatandang kalalakihan. Kayong lahat, damitan ninyo ang
inyong sarili ng kababaang-loob at maglingkod kayo sa isa't
isa sapagkat pinipigilan ng Diyos ang mga mapagmataas,
pero binibigyan niya ng biyaya ang mga mapagpakumbaba.
6 Kaya nga maging mapagpakumbaba kayo sa ilalim ng
makapangyarihang kamay ng Diyos upang kayo ay itaas niya
sa tamang panahon. 7 Ibigay niyo ang lahat ng inyong pag-
aalala sa kaniya, dahil pinag-iingatan niya kayo. 8 Maging

handa at mapagmatyag kayo. Ang inyong kaaway, ang
diyablo, tulad ng isang umaatungal na leon, ay naglilibot at
naghahanap ng kaniyang sasakmalin. **9** Tumindig kayo laban
sa kaniya. Magpakatatag kayo sa inyong pananampalataya.
Tandaan ninyo na ang inyong mga kapatid na nasa mundong
ito ay nagtitiis ng kaparehas na pagdurusa. **10** Pagkatapos
ninyong magdusa sa sandaling panahon, ang Diyos ng
lahat ng biyaya, na tumawag sa inyo sa walang hanggang
kaluwalhatian kay Cristo, ang siyang magbibigay sa inyo ng
kaganapan, magpapatibay at magpapalakas sa inyo. **(aiōnios
g166)** **11** Sa kaniya ang kapangyarihan magpakailanman.
Amen. **(aiōn g165)** **12** Itinuturing ko si Silvano na isang tapat na
kapatid, at sumulat ako sa inyo ng maigsi sa pamamagitan
niya. Hinihikayat ko kayo at nagpapatotoo sa inyo na ang
aking isinulat ay ang totoong biyaya ng Diyos. Manindigan
kayo dito. **13** Ang babaeng nasa Babilonia, na pinili kasama
ninyo, ay bumabati sa inyo, at si Marcos, na aking anak, ay
binabati kayo. **14** Batiin niyo ang isa't isa sa halik ng pag
ibig. Nawa ang kapayapaan ay sumainyong lahat na mga
tagasunod ni Cristo.

# 2 Pedro

**1** Ako, si Simon Pedro, isang alipin at apostol ni Jesu-
Cristo, para sa mga nakatanggap ng mahalagang
pananampalataya kagaya ng natanggap namin, ang
pananampalataya sa katuwiran ng ating Diyos at
Tagapagligtas na si Jesu-Cristo. **2** Ang biyaya nawa ay
sumainyo; nawa ang kapayapaan ay lumago sa pamamagitan
ng kaalaman ng Diyos at ng ating Panginoong Jesus. **3**
Lahat ng mga bagay ng banal na kapangyarihan para
sa buhay at pagiging maka-diyos ay ibinigay sa atin sa
pamamagitan ng kaalaman ng Diyos na siyang tumawag
sa atin sa pamamagitan ng kaniyang sariling kaluwalhatian
at kabutihan. **4** Sa pamamagitan nito, binigyan niya tayo
ng mahahalaga at dakilang mga pangako. Ginawa niya
ito upang kayo ay makibahagi sa banal na katangian
habang kayo ay tumatakas mula sa kasamaan na nasa
mundo sa masamang hangarin. **5** Sa kadahilanang ito,
gawin ninyo ang inyong makakaya para dagdagan ang
kabutihan sa pamamagitan ng inyong pananampalataya,
at sa pamamagitan ng inyong kabutihan ay kaalaman. **6**
Sa pamamagitan ng inyong kaalaman ay pagpipigil sa
sarili, at sa pamamagitan ng inyong pagpipigil sa sarili ay
pagtitiyaga, at sa pamamagitan ng inyong pagtitiyaga ay
pagiging maka-diyos. **7** Sa pamamagitan ng inyong pagiging
maka-diyos ay ang pagmamahal bilang magkakapatid, at sa
pamamagitan ng inyong pagmamahal bilang magkakapatid
ay ang pag-ibig. **8** Kung ang mga bagay na ito ay nasa
inyo at lumalago sa inyo, kayo ay hindi magiging baog
o hindi namumunga sa kaalaman ng ating Panginoon na
si Jesu-Cristo. **9** Ngunit ang sinuman na nagkukulang sa
mga bagay na ito ay nakikita niya lamang kung ano ang
malapit; siya ay bulag. Nakalimutan niya ang paglilinis mula
sa kaniyang mga lumang kasalanan. **10** Samakatwid, mga
kapatid, gawin ninyo ang inyong makakaya upang gawin
ang inyong pagkatawag at pagkakapili na tiyak sa inyong
mga sarili. Kung gagawin ninyo ang mga bagay na ito, hindi
kayo matitisod. **11** Sa gayon, ang daan ay masaganang
ipagkakaloob sa inyo sa walang hanggang kaharian ng
ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo. **(aiōnios
g166)** **12** Samakatwid, ako ay magiging laging handa na
ipaalala sa inyo ang mga bagay na ito, gayong alam na ninyo
ang mga ito, kayo ngayon ay matibay na sa katotohanan.
**13** Sa aking palagay ay dapat ko na kayong gisingin at
paalalahanan sa mga bagay na ito habang ako ay nandito
sa tolda. **14** Sapagkat alam ko na malapit ko nang tanggalin
ang aking tolda tulad ng ipinakita ng Panginoong Jesu-
Cristo sa akin. **15** Gagawin ko ang aking makakaya upang
lagi ninyong alalahanin ang mga bagay na ito pagkatapos
ng aking pag-alis. **16** Sapagkat hindi namin sinundan ang
mga katalinuhang lumikha ng mga kathang-isip noong
sinabi namin sa inyo ang patungkol sa kapangyarihan at
pagpapakita ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ngunit kami
ang mga naging saksi sa kaniyang kadakilaan. **17** Natanggap
niya mula sa Diyos Ama ang karangalan at kaluwalhatian
noong may isang tinig ang dumating sa kaniya mula sa
Dakilang Kaluwalhatian na nagsasabing, “Ito ang aking
Anak, ang Kaisa-isa kong minamahal, sa kaniya ay lubos
akong nalulugod.” **18** Narinig namin itong tinig na nagmula
sa langit habang kami ay kasama niya sa banal na bundok.
**19** Nasa amin ang mga salitang ipinahayag ng mga propeta
at ito ay lalong tiyak, ito ay mabuting pag-ukulan ninyo ng
pansin. Ito ay tulad ng isang lampara na nagliliwanag sa
madilim na lugar hanggang dumating ang umaga at ang
mga bituin sa umaga ay sisikat sa inyong mga puso. **20**
Una ninyong alamin ito, na ang nasusulat na propesiya ay
hindi nagmula sa mismong pangangatwiran ng propeta.
**21** Sapagkat walang anumang propesiya ang nagmula sa
kalooban ng tao, kundi sa pamamagitan ng tao, sa ilalim ng
Banal na Espiritu na siyang nagsalita mula sa Diyos.

**2** May mga bulaang propeta na nagpunta sa mga Israelita at
may mga bulaang guro ang pupunta sa inyo. Palihim silang
magdadala ng mga mapanirang maling pananampalataya
at itatatwa nila ang Panginoon na bumili sa kanila. Sila ay
nagdadala ng kanilang agarang pagkawasak. **2** Marami ang
susunod sa kanilang kahalayan at sa pamamagitan nila
malalapastanganan ang daan ng katotohanan. **3** Sa kanilang
pagkagahaman ay sasamantalahin nila kayo sa pamamagitan
ng mga mapanlinlang na mga salita. Naghihintay ang
kahatulan laban sa kanila; ang kanilang pagkawasak ay
darating. **4** Sapagkat hindi kinaawaan ng Diyos ang mga
anghel na nagkasala. Sa halip ay ipinasakamay niya ang
mga ito sa Tartarus upang igapos sa mga tanikala hanggang
sa paghuhukom. **(Tartaroō g5020)** **5** At hindi rin niya kinaawaan
ang sinaunang mundo. Sa halip, itinira niya si Noe, ang
mensahero ng katuwiran, kasama ang pitong iba pa, nang
nagdala ng baha ang Diyos sa mundo ng mga hindi maka-
diyos. **6** At pinulbos ng Diyos ang mga lungsod ng Sodoma at
Gomora at hinatulan sila ng pagkawasak, bilang halimbawa
kung ano ang darating sa mga hindi maka-diyos. **7** Ngunit
nang kaniyang ginawa iyan ay, iniligtas niya si Lot na
matuwid, na lubos na nagdalamhati dahil sa mga maruming
gawain ng mga taong lumalabag sa batas. **8** Dahil ang taong
matuwid na iyon na araw-araw na naninirahan kasama nila
ay pinahihirapan ang kaniyang matuwid na kaluluwa dahil sa
nakita niya at narinig. **9** Kung gayon, alam ng Panginoon
kung paano iligtas ang mga taong maka-diyos mula sa
mga pagsubok at kung paano parusahan ang mga taong

hindi maka-diyos sa araw ng paghuhukom. 10 Ito ay totoo
lalo na sa mga nagpapatuloy sa masasamang nasa ng
laman at humahamak sa batas. Sila ay mapangahas at
sumusunod sa sariling kalooban. Hindi sila natatakot na
lapastanganin ang mga maluluwalhati. 11 Ang mga anghel
ay may taglay na higit na lakas at kakayahan kaysa sa
mga tao, ngunit hindi sila nagdala ng mapang-alipustang
paghuhukom laban sa kanila sa Panginoon. 12 Ngunit ang
mga walang isip na mga hayop na ito ay likas na ginawa para
hulihin at wasakin. Hindi nila alam kung ano ang kanilang
inaalipusta. Sila ay mawawasak. 13 Sila ay masasaktan sa
gantimpala ng kanilang mga maling gawain. Namumuhay sila
sa kasiyahan sa araw. Sila ay mga dumi at bahid. Nagsasaya
sila sa kanilang mga mapanlinlang na kasiyahan habang
sila ay nakikipagdiwang sa inyo. 14 May mga mata sila na
puno ng mga mapangalunyang babae; hindi sila kailanman
nakuntento sa pagkakasala. Inuudyukan nila ang mga
mahihinang kaluluwa sa pagkakamali at ang kanilang puso
ay sinanay sa pag-iimbot, mga batang isinumpa. 15 Kanilang
iniwan ang tamang daan. Naligaw sila at sinunod ang daan
ni Balaam na anak ni Beor na nagnais na tumanggap ng
kabayaran sa kawalang-katuwiran. 16 Ngunit siya ay sinaway
dahil sa kaniyang paglabag. Isang asno ang nagsalita sa
tinig ng tao ang siyang tumapos sa kahibangan ng propeta.
17 Ang mga taong ito ay katulad ng mga bukal na walang
tubig. Katulad sila ng mga ulap na tinatangay ng bagyo.
May makapal na kadiliman ang sa kanila ay naghihintay. 18
Nagsasalita sila ng mga bagay na pawang walang kabuluhan
at kayabangan lamang. Inuudyukan nila ang mga tao sa
pamamagitan ng pita ng laman. Inuudyukan nila ang mga
taong sumusubok na tumakas mula sa maling pamumuhay.
19 Nangangako sila ng kalayaan sa kanila ngunit sila ma'y
alipin ng kasamaan. Sapagkat ang isang tao ay alipin ng
kahit anong dumadaig sa kaniya. 20 Sino mang makatakas
sa karumihan ng mundo sa pamamagitan ng kaalaman ng
Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo at bumalik
muli sa ganoong karumihan, sila ay naging mas malala pa
kaysa noong una. 21 Mas mabuti pang hindi nila nalaman
ang daan ng katuwiran kaysa malaman ito at pagkatapos
ay tumalikod sa banal na kautusang ibinigay sa kanila. 22
Ang kawikaang ito ay totoo para sa kanila: “Ang aso ay
bumabalik sa sariling suka nito. Ang bagong paligong baboy
ay bumabalik sa putik.”

**3** Ngayon, sumulat ako sa inyo, mga minamahal, ang
ikalawang sulat na ito ay upang gisingin ang inyong tapat
na kaisipan, 2 upang inyong maalala ang mga salita na
sinabi noon ng mga banal na propeta at ang tungkol sa utos
ng Panginoon at tagapagligtas sa pamamagitan ng inyong
mga apostol. 3 Una ninyong alamin ito, na darating ang
mga mangungutya sa huling araw ay kukutyain kayo ng
taong mangungutya at mamumuhay sa kanilang mga sariling
kagustuhan. 4 at sasabihing, “Nasaan ang pangako ng
kaniyang pagbabalik? Patay na ang ating mga ama, ngunit
ang lahat ng mga bagay ay nananatili buhat nang likhain ang
mundo.” 5 Sinadya nilang kinalimutan na ang mga langit at
lupa ay nabuo mula sa tubig, at sa tubig, mahabang panahon
na ang nakalipas, sa pamamagitan ng salita ng Diyos, 6 at
sa kaniyang salita ang mundo ay nagkaroon ng tubig sa
oras na iyon, at ang tubig ay siyang bumaha at sumira. 7
Ngunit ngayon ang mga langit at ang lupa ay ipinapanatili
para sa katulad na salita para sa apoy, nakahanda para
sa araw ng paghuhukom at ang pagkawasak ng mga
taong hindi maka Diyos. 8 Ito ay hindi sana mawawala sa
inyong kaalaman, mga minamahal, na ang isang araw sa
Panginoon ay tulad ng isang libong mga taon, at ang isang
libong mga taon ay tulad ng isang araw. 9 Ang Panginoon
ay hindi mabagal tungkol sa kaniyang mga pangako, na
itinuturing ng iba na kabagalan, ngunit siya ay matiyaga sa
iyo. Hindi niya ninanais na sino man sa inyo ay mapahamak,
ngunit ninanais niyang bigyan ng panahon ang lahat upang
magsisi. 10 Gayunpaman, ang araw ng Panginoon ay
darating na parang isang magnanakaw, ang mga langit ay
mawawala kasabay ng malakas na ingay. Ang mga bagay
ay masusunog sa apoy, at ang lupa at ang mga gawa dito
ay maihahayag. 11 Yaman lamang na ang lahat ng mga
bagay na ito ay mawawala sa ganitong kaparaanan, anong
uri ng tao kayo dapat maging? Dapat kayong mamuhay na
banal at maka-Diyos. 12 Inyo ngang asahan at magmadali
patungo sa pagdating ng araw ng Diyos. Sa araw na iyon,
ang langit ay magugunaw sa pamamagitan ng apoy, at
ang mga bahagi nito ay matutunaw sa pamamagitan ng
sobrang init. 13 Ngunit ayon sa kaniyang pangako, ating
hintayin ang bagong mga langit at ang bagong lupa, kung
saan ang mga katuwiran ay mananahan. 14 Kaya nga,
mga minamahal, yaman din lamang na inaasahan ninyo
ang mga bagay na ito, sikapin ninyong gawin ang lahat na
kayo ay matagpuang walang bahid, at walang kapintasan
upang makatagpo ng kapayapaan sa kaniya, 15 At isaalang-
alang ninyo ang katiyagahan ng ating Panginoon na maging
kaligtasan, kagaya ng ating minamahal na kapatid na si
Pablo, ayon sa karunungan na ipinagkaloob sa kaniya. 16
Sinabi ni Pablo ang lahat ng mga bagay na ito sa lahat ng
kaniyang mga sulat, na kung saan maraming mga bagay
ang mahihirap na maintindihan. Ang mga bagay na ito ay
binaluktot ng mga taong hindi naturuan at walang katiyakan,
habang sila ay gumagawa ng ibang mga kasulatan para sa
sarili nilang kapahamakan. 17 Kaya nga mga minamahal,
yamang din lamang na alam na ninyo ang mga bagay na ito,

bantayan ninyo ang inyong mga sarili, upang hindi kayo mailitwo ligaw sa panlilinlang ng mga taong walang batas na siyang magdudulot ng pagkawala ng inyong katapatan.
**18** Ngunit, lumago kayo sa biyaya at kaalaman ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo. Sa kaniya ang kaluwalhatian ngayon at magpakailanman. Amen! **(aiōn g165)**

# 1 Juan

**1** Na kung alinman mula sa simula- na aming narinig, na nakita ng aming mga mata, na aming natunghayan, at nahawakan ng aming mga kamay-patungkol sa Salita ng buhay. **2** At ang buhay ay nagawang ipaalam, at aming nakita, at nasaksihan, at hinayag sa inyo ang buhay na walang hanggan, na noon ay kasama ng Ama, at nagawang ipaalam sa amin. **(aiōnios g166)** **3** Iyon na aming nakita at narinig inihayag din namin sa inyo, sa gayon ay magkaroon kayo ng pakikisama sa amin, at ang aming pakikisama ay kasama ang Ama at kasama ang kanyang Anak na si Jesu-Cristo. **4** At sinulat namin ang mga bagay na ito sa inyo upang ang aming kagalakan ay maging ganap. **5** Ito ang mensahe na aming narinig mula sa kanya at ipinapahayag sa inyo: Ang Diyos ay liwanag at sa kanya'y walang kadiliman ang lahat. **6** Kung sinasabi natin na tayo ay mayroong pakikisama sa Kanya at lumalakad sa kadiliman, tayo ay nagsisinungaling at hindi isinasagawa ang katotohanan. **7** Pero kung tayo'y lumalakad sa liwanag katulad niyang nasa liwanag, meron tayong pakikisama sa isa't isa at ang dugo ni Jesus na kanyang Anak ay naglilinis sa atin mula sa lahat ng kasalanan. **8** Kung sinasabi natin na wala tayong kasalanan, niloloko natin ang ating mga sarili at ang katotohanan ay wala sa atin. **9** Pero kung tayo ay umamin sa ating mga kasalanan, siya ay matapat at matuwid na patawarin tayo sa ating mga kasalanan at linisin tayo mula sa lahat ng kasamaan. **10** Kapag sinabi natin na hindi tayo nagkasala, ginawa natin siyang isang sinungaling, at ang kanyang salita ay wala sa atin.

**2** Mga minamahal kong anak, isinusulat ko ang mga bagay na ito sa inyo upang hindi kayo magkasala. Pero kung sino man ang magkasala, mayroon tayong tagapagtanggol sa Ama, Si Jesu-Cristo ang nag-iisang makatuwiran. **2** Siya ang taga-pamayapa para sa ating mga kasalanan, at hindi lang para sa atin, kundi para din sa buong mundo. **3** Sa pamamagitan nito alam nating kilala natin siya, kung iniingatan natin ang kanyang mga kautusan. **4** Siya na nagsasabing, “Kilala ko ang Diyos,” pero hindi pinapanatili ang kanyang mga kautusan, ay isang sinungaling, at ang katotohanan ay wala sa kanya. **5** Pero ang sinumang pinapanatili ang kaniyang salita, tunay na sa taong ito ang pag-ibig ng Diyos ay naging lubos. Sa pamamagitan nito alam nating tayo ay nasa kaniya. **6** Siya na nagsasabing siya ay nananatili sa Diyos ay nararapat ding lumakad nang katulad ng paglakad ni Jesu-Cristo. **7** Mga minamahal, hindi ako nagsusulat nang bagong kautusan sa inyo, pero isang lumang kautusan na nasa sa inyo mula pa sa simula. Ang lumang kautusan ay ang salitang inyong narinig. **8** Gayon pa man ako ay sumusulat ng bagong kautusan sa inyo, na siyang totoo kay Cristo at sa inyo, dahil ang kadiliman ay lumilipas na, at ang tunay na liwanag ay sumisinag na. **9** Ang nagsasabing siya ay nasa liwanag pero kinapopootan ang kanyang kapatid ay nasa kadiliman kahit ngayon. **10** Ang sinumang nagmamahal sa kanyang kapatid ay nananatili sa liwanag at walang pagkakataon na siya ay matitisod. **11** Pero ang siyang napopoot sa kanyang kapatid ay nasa kadiliman at lumalakad sa kadiliman; hindi niya alam kung saan siya papunta, dahil binulag ng kadiliman ang kanyang mga mata. **12** Sumusulat ako sa inyo, mga minamahal kong anak, dahil ang inyong mga kasalanan ay napatawad dahil sa kanyang pangalan. **13** Sumusulat ako sa inyo mga ama, dahil kilala ninyo siya na mula pa sa simula. Sumusulat ako sa inyo mga kabataang lalaki, dahil napagtagumpayan ninyo ang kasamaan. Sumulat ako sa inyo, mga bata, dahil kilala ninyo ang Ama. **14** Sumulat ako sa inyo mga ama, dahil kilala ninyo siya na mula pa sa simula. Sumulat ako sa inyo mga kabataang lalaki, dahil kayo ay malakas, at ang salita ng Diyos ay nananatili sa inyo, at napagtagumpayan ninyo ang kasamaan. **15** Huwag ninyong mahalin ang mundo ni anumang mga bagay na nasa mundo. Kung sinumang umiibig sa mundo, ang pag-ibig ng Ama ay wala sa kanya. **16** Pagkat ang lahat ng nasa sa mundo - ang kahalayan ng laman, ang kahalayan ng mata, at ang kahambugan sa buhay - ay hindi sa Ama pero sa mundo. **17** Ang mundo at ang pagnanasa nito ay lumilipas. Pero ang sinumang gumagawa ng kalooban ng Diyos ay mananatili magpakailanman. **(aiōn g165)** **18** Mga bata, ito na ang huling oras. Gaya nang narinig ninyo na ang antikristo ay darating, kahit ngayon ay may marami nang mga antikristong dumating, sa pamamagitan nito nalalaman nating ito na ang huling oras. **19** Sila ay lumabas mula sa atin, pero hindi sila sa atin. Pagkat kung sila ay naging sa atin, sana ay nagpatuloy silang kasama natin. Pero nang sila ay lumabas, iyon ang nagpakitang sila ay hindi sa atin. **20** Pero kayo ay may basbas mula sa Kabanal-banalan, at alam ninyong lahat ang katotohanan. **21** Hindi ako sumulat sa inyo dahil sa hindi ninyo alam ang katotohanan, pero dahil sa alam ninyo ito at dahil walang kasinungalingan ang nasa katotohanan. **22** Sino ang sinungaling kundi siyang ikinakaila na si Jesus ay ang Cristo? Ang taong ito ang antikristo, dahil sa kinakaila niya ang Ama at ang Anak. **23** Walang sinuman ang kumakaila sa Anak ay nasa kaniya ang Ama. Ang sinumang kumikilala sa Anak ay nasa kaniya rin ang Ama. **24** At para sa inyo, hayaang ang mga narinig ninyo mula sa simula ay manatili sa inyo. Kung ano ang narinig ninyo mula sa simula ay nanatili sa inyo, kayo rin ay

mananatili sa Anak at sa Ama. 25 At ito ang pangakong
ibinigay niya sa atin: buhay na walang hanggan. (aiōnios g166)
26 Isinulat ko sa inyo ang mga ito tungkol sa mga iyon na
maaaring umakay sa inyo sa ligaw na landas. 27 At para sa
inyo, ang basbas na natanggap ninyo mula sa kanya ay
nanatili sa inyo, at hindi ninyo kailangan ang sinuman upang
turuan kayo. Pero habang ang kanyang pagbabasbas ay
nagtuturo sa inyo ng tungkol sa lahat ng bagay, at totoo at
hindi isang kasinungalingan, at kahit na ito ay nagturo sa
inyo, manatili kayo sa kanya. 28 At ngayon, mga minamahal
kong anak, manatili kayo sa kanya, upang kapag siya ay
magpakita, tayo ay magkakaroon nang lakas ng loob at hindi
mahihiya sa kanyang harapan sa kanyang pagdating. 29
Kung alam ninyo na siya ay makatuwiran, alam ninyong ang
lahat nang gumagawa ng tama ay ipinanganak sa kanya.

3 Masdan kung anong uri ng pag-ibig ng Ama ang ibinigay
sa atin, na tayo ay nararapat tawaging mga anak ng
Diyos, at ito ang kung ano tayo. Sa dahilang ito, hindi tayo
kilala ng mundo dahil hindi siya kilala nito. 2 Mga minamahal,
ngayon tayo ay mga anak ng Diyos, at hindi pa naipahayag
kung magiging ano tayo. Alam natin na kapag magpakita si
Cristo, tayo ay magiging katulad niya, dahil makikita natin
siya bilang siya. 3 At bawat isa na may ganitong pagtitiwala
tungkol sa hinaharap na nakatuon sa kanya ay dinadalisay
ang kanyang sarili tulad ng siya ay dalisay. 4 Ang lahat ng
patuloy na nagkakasala ay gumagawa ng kung ano ang
labag sa batas. Dahil ang kasalanan ay ang paglabag sa
batas. 5 Alam niyo na nahayag si Cristo upang sa gayon ay
alisin ang mga kasalanan. At sa kanya ay walang kasalanan.
6 Walang sinumang nananatili sa kanya na patuloy na
nagkakasala. Walang sinumang patuloy sa pagkakasala ang
nakakita sa kanya o nakakila sa kanya. 7 Minamahal kong
mga anak, huwag ninyong hayaan ang sinuman na akayin
kayo sa ligaw na landas. Siya na gumagawa ng katuwiran ay
matuwid, gaya ni Cristo na matuwid. 8 Siya na gumagawa
nang kasalanan ay sa diablo, sapagkat ang diablo ay
nagkasala na mula pa sa simula. Sa dahilang ito, ang Anak
ng Diyos ay nahayag, upang kanyang mawasak ang mga
gawa ng diablo. 9 Ang sinumang isinilang sa Diyos ay hindi
nagkasala dahil ang binhi ng Diyos ay nananatili sa kanya.
Hindi siya makapagpatuloy na magkasala dahil isinilang
siya sa Diyos. 10 Dito ang mga anak ng Diyos at ang mga
anak ng diablo ay nahayag. Ang sinumang hindi gumagawa
kung ano ang matuwid ay hindi sa Diyos, ni ang sinumang
hindi nagmamahal ng kanyang kapatid. 11 Sapagkat ito ang
mensaheng narinig na ninyo mula pa sa simula, na dapat
mahalin natin ang bawat isa, 12 hindi katulad ni Cain na
siyang nasa kasamaan at pinatay ang kanyang kapatid. At
bakit niya nagawang siya ay patayin? Dahil masama ang
kanyang mga gawa, at ang kanyang kapatid ay matuwid. 13
Huwag kayong magtaka mga kapatid, kapag ang mundo
ay napopoot sa inyo. 14 Alam natin na tayo ay lumipat na
mula sa kamatayan patungo sa buhay, dahil mahal natin
ang mga kapatid. Ang sinumang hindi umiibig ay nanatili
sa kamatayan. 15 Ang sinumang napopoot sa kanyang
kapatid ay mamamatay tao. At alam ninyo na ang buhay
na walang hanggan ay hindi nanatili sa isang mamamatay
tao. (aiōnios g166) 16 Sa pamamagitan nito alam natin ang
pag-ibig, sapagkat inialay ni Cristo ang kanyang buhay para
sa atin. Nararapat din nating ialay ang ating mga buhay
para sa mga kapatid. 17 Pero ang sinumang mayroong mga
mabubuting bagay sa mundo, nakitang nangangailangan
ang kapatid, at isinara ang kanyang maawaing puso sa
kanya, papaano mananatili sa kanya ang pag-ibig ng Diyos?
18 Mga minamahal kong mga anak, huwag tayong magmahal
sa salita o sa dila, pero sa mga gawa at katotohanan. 19 Sa
pamamagitan nito alam natin na tayo ay nasa katotohanan
at tinitiyak natin ang ating mga puso sa kanyang harapan.
20 Sapagkat kapag sinusumpa tayo ng ating mga puso, mas
dakila ang Diyos kaysa sa ating mga puso, at alam niya
ang lahat ng mga bagay. 21 Mga minamahal, kapag hindi
tayo isinisumpa ng mga puso natin, may kapanatagan tayo
sa Diyos. 22 At anuman ang hihilingin natin, matatanggap
natin mula sa kanya, dahil pinanatili natin ang kanyang mga
kautusan at ginagawa ang mga bagay na kalugud-lugod sa
kanyang paningin. 23 At ito ang kanyang kautusan - na tayo
ay dapat maniwala sa pangalan ng kanyang Anak na si Jesu-
Cristo at mahalin ang bawat isa - gaya ng ibinigay niyang
kautusan sa atin. 24 Siya na pinapanatili ang kautusan ng
Diyos ay nananatili sa kanya, at ang Diyos ay nananatili
sa kanya. At sa pamamagitan nito alam natin na siya ay
nananatili sa atin, sa pamamagitan ng Espiritu na ibinigay
niya sa atin.

4 Minamahal, huwag maniwala sa bawat espiritu, pero suriin
ang mga espiritu upang makita kung sila ay sa Diyos,
dahil maraming mga bulaang propeta ang nagsilabasan
sa mundo. 2 Sa paraang ito malalaman mo ang Espiritu
ng Diyos — ang bawat espiritu na kinikilala si Jesu-Cristo
na nagkatawang tao ay sa Diyos, 3 at bawat espiritu na
hindi kinikilala si Jesus ay hindi sa Diyos. Ito ang espiritu ng
antikristo, na inyong narinig na darating, at ngayon ay nasa
mundo na. 4 Kayo ay sa Diyos, minamahal kong mga anak,
at napagtagumpayan sila dahil ang siyang sumasainyo ay
mas dakila kaysa siyang nasa mundo. 5 Sila ay makamundo,
kaya't ang sinasabi nila ay para sa mundo, at ang mundo ay
nakikinig sa kanila. 6 Tayo ay sa Diyos. Siyang nakakakilala
sa Diyos ay nakikinig sa atin. Siyang hindi nasa Diyos ay
hindi nakikinig sa atin. Sa pamamagitan nito nalalaman natin

ang espiritu ng katotohan at ang espiritu ng kamalian. 7
Minamahal, mahalin natin ang isa't isa, dahil ang pag-ibig
ay sa Diyos, at lahat ng nagmamahal ay pinanganak sa
Diyos at kilala ang Diyos. 8 Ang taong hindi nagmamahal ay
hindi kilala ang Diyos, dahil ang Diyos ay pag-ibig. 9 Sa
pamamagitan nito ang pag-ibig ng Diyos ay nahayag sa
atin, na pinadala ng Diyos ang kanyang bugtong na anak sa
mundo upang tayo ay maaring mabuhay sa pamamagitan
niya. 10 Sa ganito ang pag-ibig, hindi dahil minahal natin
siya, kundi minahal niya tayo, at pinadala niya ang kanyang
Anak na maging kabayaran ng ating mga kasalanan. 11
Minamahal, kung tayo'y lubos na minahal ng Diyos, nararapat
din nating mahalin ang bawat isa. 12 Walang sinuman ang
nakakita kailanman sa Diyos. Kung mahal natin ang isa't
isa, ang Diyos ay mananatili sa atin at ang pag-ibig niya ay
lubos na nasa atin. 13 Sa pamamagitan nito malalaman
natin na tayo ay nananatili sa kanya at siya sa atin, dahil
binigay niya sa atin ang kanyang Espiritu. 14 At nakita
natin at nasaksihan na ipinadala ng Ama ang kanyang
anak upang maging tagapagligtas ng mundo. 15 Sinuman
ang kumikilala na si Jesu-Cristo ay ang Anak ng Diyos,
ang Diyos ay nananatili sa kanya at siya sa Diyos. 16 At
alam natin at pinaniwalaan ang pag-ibig na mayroon ang
Diyos na nasa sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig, at siyang
nananatili sa pag-ibig ay nananatili sa Diyos, at ang Diyos
ay nananatili sa kanya. 17 Sa ganito ang pagmamahal ay
ginawang lubos sa atin, nang sa gayon tayo ay maaring
magkaroon ng kasiguraduhan sa araw ng paghuhukom,
dahil gaya niya, gayon din tayo sa mundong ito. 18 Walang
anumang takot sa pag-ibig. Pero ang pag-ibig na lubos
ay inaalis ang takot, dahil ang takot ay may kinalaman sa
kaparusahan. Pero kung sinuman ang siyang natatakot ay
hindi nagawang lubos sa pag-ibig. 19 Nagmamahal tayo
dahil minahal muna tayo ng Diyos. 20 Kung sinuman ang
nagsasabi, “Mahal ko ang Diyos” pero kinapopootan ang
kanyang kapatid siya ay isang sinungaling. Pagkat ang
sinuman na hindi umiibig sa kanyang kapatid, na kanyang
nakikita, ay hindi umiibig sa Diyos, na hindi niya nakikita. 21
At ito ang kautusan na mayroon tayo mula sa kanya: Kung
sinuman ang nagmamahal sa Diyos ay dapat ding mahalin
ang kanyang kapatid.

5 Kung sinuman ang naniniwala na si Jesus ay ang Cristo na
ipinanganak sa Diyos. At kung sinuman ang nagmamahal
sa kanya na nagmula sa Ama ay minamahal din ang kanyang
mga anak. 2 Sa pamamagitan nito malalaman natin na mahal
natin ang mga anak ng Diyos-kung mahal natin ang Diyos at
ginagawa ang kanyang mga kautusan. 3 Sapagkat ito ang
pagmamahal para sa Diyos-nananatili tayo sa kanyang mga
kautusan. At ang kanyang mga kautusan ay hindi pasanin. 4
Ang sinumang ipinanganak sa Diyos ay napagtagumpayan
ang mundo. At ito ang pagwawagi na napagtagumpayan ng
mundo, kahit ang ating pananampalataya. 5 Sino ba siyang
napapagtagumpayan ang mundo? Siya na naniniwala na si
Jesus ay ang Anak ng Diyos. 6 Ito ang siya na dumating
sa pamamagitan ng tubig at dugo-Jesu-Cristo. Siya ay
dumating hindi lamang sa pamamagitan ng tubig, kundi sa
pamamagitan ng tubig at dugo. 7 Sapagkat mayroong tatlo
na siyang nagpapatunay 8 ang Espiritu, ang tubig at ang
dugo. Ang tatlong ito ay nagkakasundo. 9 Kung tinatanggap
natin ang patotoo ng tao, ang patotoo ng Diyos ay mas
dakila. Sapagkat ang patotoo ng Diyos ay ito- na siya'y
nagdala ng patunay patungkol sa kanyang Anak. 10 Siya na
naniniwala sa Anak ng Diyos ay may patotoo sa kanyang
sarili. Sinumang hindi naniniwala sa Diyos ay ginawa siyang
sinungaling, dahil hindi siya naniwala sa patotoo na binigay
ng Diyos patungkol sa kanyang Anak. 11 At ang patotoo
ay ito- na tayo ay binigyan ng Diyos ng buhay na walang
hanggan, at ang buhay na ito ay nasa kanyang Anak. **(aiōnios**
**g166)** 12 Siya na pinananahanan ng Anak ay may buhay.
Siya na hindi pinananahanan ng Anak ng Diyos ay walang
buhay. 13 Ang mga bagay na ito ay sinulat ko sa inyo
para malaman ninyo na mayroon kayong buhay na walang
hanggan-sa inyo na naniniwala sa pangalan ng Anak ng
Diyos. **(aiōnios g166)** 14 At ito ang pananalig na mayroon tayo
sa kanyang harapan, na kung anuman ang hilingin natin
ayon sa kanyang kalooban, naririnig niya tayo. 15 At kung
alam natin na pinapakinggan niya tayo-anuman ang hiling
natin sa kanya-alam nating mayroon na tayo ng anumang
hiniling natin sa kanya. 16 Kung sinuman ang nakakakita
sa kanyang kapatid na gumagawa ng kasalanan na hindi
humahantong sa kamatayan, kailangan niya manalangin at
siya ay bibigyan ng Diyos ng buhay. Ang tinutukoy ko ay ang
pagkakasala na hindi nagdadala sa kamatayan. Mayroong
kasalanan na nagdadala sa kamatayan-hindi ko sinasabi na
kailangan niyang ipanalangin ang tungkol doon. 17 Lahat
ng hindi matuwid ay kasalanan- pero may kasalanan na
hindi nagdadala sa kamatayan. 18 Alam natin na kung
sinuman ang ipinanganak sa Diyos ay hindi nagkakasala.
Pero siya na ipinanganak sa Diyos ay iniingatan niya, at
hindi siya mapipinsala ng masama. 19 Alam natin na tayo ay
sa Diyos, at alam natin na ang buong mundo ay nasa ilalim
ng kapangyarihan ng masama. 20 Pero alam natin na ang
Anak ng Diyos ay dumating at binigyan tayo ng kaunawaan,
na kilala natin siya na totoo, at tayo ay nasa kanya na siyang
totoo- kahit na sa kanyang Anak na si Jesu-Cristo. Siya ang
totoong Diyos at buhay na walang hanggan. **(aiōnios g166)** 21
Minamahal kong mga anak, lumayo kayo sa mga diyos-
dyosan.

# 2 Juan

1 Mula sa nakatatanda hanggang sa piniling babae at
sa kanyang mga anak, na siyang minamahal ko sa
katotohanan, at hindi lamang ako, kundi lahat din ng
mga sinumang nakakaalam ng katotohanan, 2 dahil
sa katotohanan na nananatili sa atin at mapapasaatin
magpakailanman. (aiōn g165) 3 Biyaya, habag, at kapayapaan
ay mapapasaatin mula sa Diyos na Ama at mula kay Jesu-
Cristo, ang Anak ng Ama, sa katotohanan at pag-ibig. 4
Ako ay lubos na nagagalak na nakita ko ang iba mong
mga anak na lumalakad sa katotohanan, tulad ng aming
pagtanggap sa kautusang ito galing sa Ama. 5 At ngayon
ako ay nagsusumamo sa iyo, ginang, hindi na parang ako
ay sumulat sa iyo ng bagong kautusan, pero ang mayroon
na tayo mula pa sa simula, na dapat nating ibigin ang bawat
isa. 6 At ito ang pag-ibig, na dapat tayong lumakad ayon sa
kanyang mga kautusan. Ito ang kautusan, kahit narinig ninyo
na mula sa simula, na dapat ninyo itong lakaran. 7 Sapagkat
maraming manlilinlang ang naglipana sa mundo, at hindi nila
ipinapahayag na si Jesu-Cristo ay dumating sa laman. Ito ay
ang manlilinlang at ang anticristo. 8 Tingnan ang inyong
mga sarili, upang hindi ninyo mawala ang mga bagay na
pinagtrabahuhan nating lahat, pero nang sa gayon kayo
ay maaaring makatanggap ng buong gantimpala. 9 Kung
sinuman ang nauuna at hindi nananatili sa katuruan ni Cristo
ay walang Diyos. Siya na nananatili sa katuruan ay nasa
kanya pareho ang Ama at ang Anak. 10 Kung sinuman ang
lumapit sa inyo at hindi dala ang katuruang ito, huwag ninyo
siyang tanggapin sa inyong bahay at huwag ninyo siyang
batiin. 11 Sapagkat ang sinumang bumabati sa kaniya ay
nakikisali sa kaniyang mga masasamang gawa. 12 Marami
akong mga bagay na isusulat sa inyo at hindi ko nais na
isulat ang mga ito sa pamamagitan ng papel at tinta. Pero
umaasa akong pumunta sa inyo at makipag-usap ng harap-
harapan, upang ang ating kaligayahan ay maging lubos.
13 Ang mga anak nang pinili ninyong kapatid na babae ay
bumabati sa inyo.

# 3 Juan

1 Ang nakatatanda para kay minamahal na si Gayo,
na siyang aking mahal sa katotohanan. 2 Minamahal,
dinadalangin ko na ikaw ay lumago sa lahat ng mga bagay at
maging sa kalusugan, katulad ng paglago ng iyong kaluluwa.
3 Sapagkat ako ay lubos na nagalak nang dumating ang
mga kapatid na lalaki at nagpatotoo sa iyong katotohanan,
katulad sa paglakad mo sa katotohanan. 4 Wala akong labis
na kaligayahan maliban dito, na marinig na ang aking mga
anak ay lumalakad sa katotohanan. 5 Minamahal, ikaw ay
nagsasagawa ng katapatan tuwing ikaw ay gumagawa para
sa iyong mga kapatid na lalaki at para sa mga hindi kilala, 6
siya na nagpatotoo ng pag-ibig mo sa harapan ng iglesia.
Gumawa ka ng mainam para maipadala sila sa kanilang
paglalakbay sa paraang karapat-dapat sa Diyos, 7 dahil para
sa kapakanan ng Pangalan sila ay lumabas, walang kinukuha
mula sa mga Gentil. 8 Samakatuwid tayo ay marapat na
tumanggap tulad ng mga ito, nang sa gayon tayo ay maging
kapwa manggagawa para sa katotohanan. 9 Nagsulat
ako ng isang bagay sa kapulungan, pero si Diotrefes, na
gustong maging una sa kanila, ay hindi tayo tinanggap. 10
Samakatuwid, kung ako ay pupunta, aalalahanin ko ang
mga gawaing kaniyang ginawa, kung paano siyang nagsabi
ng mga katawa-tawang bagay laban sa atin gamit ang mga
masasamang salita. Hindi pa nasiyahan sa mga gawaing ito,
siya mismo ay hindi tinanggap ang mga kapatid na lalaki.
Ipinagbabawal niya ang mga nagnanais na gumawa nito at
pinapalayas sila sa kapulungan. 11 Minamahal, huwag mong
tularan kung ano ang masama pero kung ano ang mabuti.
Ang siyang gumagawa ng mabuti ay sa Diyos; ang siyang
gumagawa ng masama ay hindi nakita ang Diyos. 12 Si
Demetrio ay nagpatotoo sa lahat at sa pamamagitan ng
katotohanan mismo. Tayo din ay nagpapatotoo, at alam mo
na ang aming pagpapatotoo ay tunay. 13 Marami akong
bagay na isusulat sa iyo, pero hindi ko nais isulat ang mga ito
sa iyo na gamit ang panulat at tinta. 14 Pero ako ay umaasa
na makita ka sa lalong madaling panahon, at tayo ay mag-
uusap harap-harapan. Kapayapaan ay sumainyo. Ang mga
kaibigan ay bumabati sa iyo. Batiin ang mga kaibigan sa
pangalan.

# Judas

**1** Judas, isang lingkod ni Jesu-Cristo, at kapatid na lalaki
ni Santiago, sa kanilang mga tinawag, minamahal sa
Diyos Ama at nanatili para kay Jesu-Cristo, **2** nawa ang
awa, kapayapaan at pag-ibig ay sumagana sa inyo. **3**
Minamahal, habang sinisikap kong sumulat sa inyo tungkol
sa ating pangkalahatang kaligtasan, kailangang sulatan
ko kayo upang hikayatin kayo na magsumikap para sa
pananampalataya na minsan nang ibinigay sa lahat ng
mga naniniwala. **4** Dahil may ibang mga tao na palihim na
nakisama sa kalagitnaan ninyo—mga taong tinatakan ng
paghahatol - mga taong walang Diyos na inililihis ang biyaya
ng Panginoon patungo sa kahalayan at itinatanggi ang
ating nag-iisang Panginoon at Diyos na si Jesu- Cristo. **5**
Ngayon nais kong ipaalala sa inyo, kahit na lubos na ninyong
alam ito, na ang Panginoon ang nagligtas sa isang bayan
palabas sa lupain ng Ehipto, ngunit pagkatapos pinuksa
niya ang mga hindi naniwala. **6** At ang mga anghel na
hindi nanatili sa kani-kanilang makapangyarihang tungkulin-
ngunit iniwan ang kanilang nararapat na lugar- ginapos sila
ng Diyos sa walang hanggang mga tanikala, sa lubos na
kadiliman, para sa dakilang araw ng paghuhukom. **(aïdios
g126)** **7** Katulad ito ng Sodom at Gomorra at ang mga
lungsod sa paligid nila, na nagpasasa din sa sekswal na
imoralidad at sila ay nagpatuloy sa hindi likas na pagnanasa.
Sila ay ipinakita bilang mga halimbawa ng mga nagdurusa
sa parusa ng walang hanggang apoy. **(aiōnios g166)** **8**
Gayunman sa parehong paraan, ang mga nananaginip
na ito ay dinudungisan din ang kanilang mga katawan, at
tinatanggihan ang awtoridad, at sinisiraan nila ang dangal
ng mga maluwalhating mga anghel. **9** Subalit maging si
Miguel ang arkanghel, nang siya ay nakipagtalo sa diyablo
at nakipaglaban sa kaniya tungkol sa katawan ni Moises, ay
hindi nangahas magbigay ng mapanirang paghatol laban sa
kaniya, sa halip sinabi niya, “Sawayin ka nawa ng Diyos!” **10**
Ngunit nagbibigay ng mga paninirang-puri ang mga taong ito
laban sa anumang hindi nila maintindihan. At ano kanilang
naiintindihan— kung ano ang pag-uugali ng mga hayop
na wala sa katuwiran— ang mga ito ang nagpahamak sa
kanila. **11** Kaawa-awa sila! Dahil sila ay lumakad sa daan
ni Cain, at nahulog sa pagkakamali ni Balaam. Sila ay
namatay sa paghihimagsik ni Kora. **12** Ang mga ito ang
siyang tinik sa inyong mga pista ng pag-ibig, nagpipista
na walang kahihiyan, kumakain lamang para sa kanilang
mga sarili. Sila ay mga ulap na walang tubig, tinatangay ng
hangin, puno sa taglagas na walang bunga- dalawang beses
namatay, binunot sa ugat- **13** marahas na mga alon ng dagat,
na bumubulang palabas sa kanilang sariling kahihiyan,
gumagala na mga tala—na sa kaitiman ng kadiliman ay
nakalaan ang magpakailanman. **(aiōn g165)** **14** Si Enoc, ang
ika-pito sa linya mula kay Adan, nagpahayag tungkol sa
kanila, na sinasabing, “Pagmasdan ninyo! Ang Panginoon
ay darating kasama ang libo-libong mga banal, **15** upang
magsagawa ng paghuhukom sa bawat isa, at hatulan ang
lahat ng hindi maka-diyos sa kanilang mga ginagawa at
pamamaraan, at sa lahat ng mga magaspang na pananalita
na binigkas ng mga makasalanan laban sa Diyos. **16** Ito
ay ang mga bumubulong-bulong, mga mareklamo, silang
mga sumusunod sa kanilang masasamang pagnanasa,
maingay na mga hambog, at sila na nang-uuto para sa
sariling kapakinabangan. **17** Pero kayo, mga minamahal,
alalahanin ang mga salitang sinabi sa inyo noon ng mga
apostol ng Panginoong Jesu-Cristo. **18** Sinabi nila sa inyo,
“Sa huling panahon, may mga mangungutya na sinusunod
ang kanilang sariling hindi maka-diyos na pagnanasa.”
**19** Ang mga taong ito ay dahilan ng pagkaba-bahagi,
pinamumunuan ng makamundong pagnanasa, at wala sa
kanila ang Espiritu. **20** Pero kayo, mga minamahal, habang
tinataguyod ninyo ang inyong mga sarili sa inyong kabanal-
banalang pananampalataya, at habang nananalangin kayo
sa Banal na Espiritu, **21** panatilihin ang inyong sarili sa
pag-ibig ng Diyos at hintayin ang awa ng ating Panginoong
Jesu-Cristo na nagdadala sa inyo ng buhay na walang
hanggan. **(aiōnios g166)** **22** Magpakita ng habag sa mga nag-
aalinlangan. **23** Iligtas ang iba sa pamamagitan ng pag-agaw
sa kanila mula sa apoy. Sa iba magpakita ng habag na
may takot, kamumuhian kahit na ang damit na nabahiran
ng laman. **24** Ngayon sa kanya na may kakayanang ilayo
kayo sa pagkakatisod, at dahilan upang tayo ay makatayo
sa harapan ng kanyang maluwalhating presensya, walang
dungis at may labis na kagalakan, **25** sa tanging Diyos
ating tagapagligtas sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ating
Panginoon, ang kaluwalhatian, kadakilaan, kataas-taasan,
kapangyarihan-bago sa lahat ng panahon, at ngayon, at
magpakailanman. Amen. **(aiōn g165)**

# Pahayag

1 Ito ang kapahayagan ni Jesu-Cristo na ibinigay sa kaniya
ng Diyos para ipakita sa kaniyang mga lingkod ang
mga bagay na malapit nang maganap. Ipinaalam niya ito
sa pamamagitan ng pagpapadala ng kaniyang anghel sa
kaniyang lingkod na si Juan. 2 Pinatotohanan ni Juan ang
lahat ng kaniyang nakita tungkol sa salita ng Diyos at sa
patotoong ibinigay tungkol kay Jesu-Cristo. 3 Pinagpala ang
bumabasa ng malakas— at ang lahat ng nakikinig —sa
mga salita ng propesiyang ito at sumunod sa nakasulat dito,
dahil ang panahon ay malapit na. 4 Si Juan, para sa pitong
iglesia sa Asya: Sumainyo ang biyaya at kapayapaan mula
sa kaniya na siya, at siyang noon, at siyang darating, at
mula sa pitong espiritu na nasa harap ng kaniyang trono,
5 at mula kay Jesu-Cristo, siyang matapat na saksi, ang
panganay sa mga patay, at ang tagapamahala ng mga hari
sa mundo. Sa kaniya na umiibig sa atin, at nagpalaya sa atin
mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang
dugo, 6 ginawa niya tayong isang kaharian, mga pari sa
Diyos at kaniyang Ama—sa kaniya ang kaluwalhatian at ang
kapangyarihan magpakailan pa man. Amen. **(aiōn g165)** 7
Tingnan mo, siya ay dumarating kasama ng mga ulap; bawat
mata ay makikita siya, maging ang mga taong pumako sa
kaniya. At ang lahat ng lipi sa lupa ay magluluksa para sa
kaniya. Oo, Amen. 8 "Ako ang Alpa at ang Omega, sabi ng
Panginoong Diyos, "ang isa na, at siyang noon, at siya na
darating, ang Makapangyarihan." 9 Ako, si Juan—inyong
kapatid at ang isang nakikibahagi sa inyo sa paghihirap
at kaharian at matiyagang pagtitiis iyon ay si Jesus—ay
nasa isla na tinatawag na Patmos dahil sa salita ng Diyos at
patotoo tungkol kay Jesus. 10 Ako ay nasa Espiritu sa araw
ng Panginoon. Narinig ko ang isang malakas tulad ng isang
trumpeta sa aking likuran. 11 Ito ay sinabi: "Isulat mo sa
isang aklat ang iyong nakita at ipadala ito sa pitong mga
iglesia—sa Efeso, sa Smirna, sa Pergamo, sa Tiatira, sa
Sardis, sa Filadelfia at sa Laodicea." 12 Lumingon ako para
makita kung kanino ang tinig na kumakausap sa akin, sa
aking paglingon, nakita ko ang pitong gintong ilawan. 13 Sa
gitna ng mga ilawan ay mayroong isang katulad ng Anak ng
Tao, suot ang isang mahabang balabal na abot pababa sa
kaniyang mga paa, at isang gintong sinturon na nakapalibot
sa kaniyang dibdib. 14 Ang kaniyang ulo at buhok ay kasing-
puti ng lana, kasing-puti ng niyebe, at ang kaniyang mga
mata ay tulad ng ningas ng apoy. 15 Ang kaniyang mga
paa ay tulad ng pinakintab na tanso, tulad ng tanso na
pinino sa isang pugon, at ang kaniyang tinig ay tulad ng
tunog ng maraming umaagos na tubig. 16 Sa kaniyang
kanang kamay ay may pitong bituin at lumalabas mula sa
kaniyang bibig ang isang matalas na magkabilang talim
na espada. Ang kaniyang mukha ay nagniningning tulad
ng matinding sikat ng araw. 17 Nang makita ko siya, ako
ay bumagsak sa kaniyang paanan tulad ng isang lalaking
patay. Ipinatong niya ang kaniyang kamay sa akin at sinabi,
"Huwag kang matakot. Ako ang Una at ang Huli, 18 at ang
isa na nabubuhay. Ako ay namatay, pero tingnan mo, ako
ay buhay magpakailanman! At nasa akin ang mga susi
ng kamatayan at ng hades. **(aiōn g165, Hadēs g86)** 19 Kaya
isulat mo ang lahat ng iyong nakita, ano ang ngayon, at ang
magaganap pagkatapos nito. 20 Patungkol sa nakatagong
kahulugan tungkol sa pitong bituin na iyong nakita sa aking
kanang kamay, at ang pitong mga gintong ilawan: ang pitong
bituin ay ang mga angel ng pitong iglesia, at ang pitong
ilawan ay ang pitong mga iglesia."

2 Sa anghel ng iglesia sa Efeso isulat: 'Ito ang mga salita
ng isang may hawak ng pitong bituin sa kaniyang kanang
kamay.' Ang isa na siyang lumakad sa gitna ng pitong
mga gintong ilawan sinasabi ito, 2 "Alam ko ang inyong
ginawa at ang inyong mahirap na trabaho at ang inyong
matiyagang pagtitiis, at hindi ninyo matiis ang mga kasaman
at inyong sinubok ang mga umaangkin na sila ay mga
apostol, pero hindi, at nakita ninyo na sila ay hindi totoo.
3 Alam ko na mayroon kayong matiyagang pagtitiis, at
marami na kayong pinagdaanan dahil sa aking pangalan,
at hindi kayo lumagong pagod. 4 Pero ito ang ayaw ko
laban sa inyo—iniwan ninyo ang inyong unang pag-ibig.
5 Kaya tandaan ninyo kung saan kayo nahulog. Magsisi
kayo at gawin ninyo ang mga bagay na ginawa ninyo sa
una. Malibang kayo ay magsisi, Ako ay darating sa iyo at
aalisin ko ang ilawan mula sa kinalalagyan nito. 6 Pero kayo
ay mayroon nito—kinapopootan ninyo ang mga ginawa ng
mga Nicolaita, na kinapopootan ko rin. 7 Kung mayroon
kayong tainga, makinig kung ano ang sinasabi ng Espiritu sa
mga iglesia. Sa isang na siyang nakalupig pahihintulutan
ko na kumain mula sa puno ng buhay, na nasa paraiso ng
Diyos.' 8 Sa anghel ng iglesia ng Smirna isulat: 'Ito ang mga
salita ng isa na siyang una at ang huli—siyang namatay
at siyang muling nabuhay:' 9 "Alam ko ang inyong mga
pagdurusa at inyong kahirapan (pero kayo ay mayaman),
at ang paninirang-puri ng mga nagsasabing sila ay mga
Judio (pero sila ay hindi—sila ay isang sinagoga ni Satanas).
10 Huwag katakutan ang tungkol sa pagdurusahan ninyo.
Tingnan mo! Ihahagis ng diyablo ang ilan sa inyo sa kulungan
para kayo ay subukin, at magdurusa kayo ng sampung
araw. Maging tapat kayo hanggang kamatayan, at ibibigay
ko sa inyo ang korona ng buhay. 11 Kung kayo ay may
tainga, makinig kung ano ang sinasabi ng Espiritu sa mga
iglesia. Ang isa na siyang nakalupig ay hindi masasaktan sa

pamamagitan ng ikalawang kamatayan. 12 Sa anghel ng
iglesia ng Pergamo isulat: 'Ito ang mga salita ng isa na siyang
may matalas na may magkabilang talim na espada:' 13
“Alam ko kung saan kayo nakatira — kung nasaan ang trono
ni Satanas. Gayon man mahigpit ninyong pinanghahawakan
ang aking pangalan at hindi ninyo itinanggi ang inyong
pananampalataya sa akin, kahit sa mga araw ni Antipas na
aking saksi, aking matapat, na pinatay sa inyong kalagitnaan,
doon nakatira si Satanas. 14 Pero mayroon akong mga
ilang bagay na laban sa inyo: Mayroon ilan sa inyo na
mahigpit na pinanghahawakan ang katuruan ni Balaam,
na nagturo kay Balak para ihagis ang isang hadlang sa
harap ng mga anak ni Israel, sa gayon makakakain sila
ng pagkaing inihandog sa mga diyus-diyosan at maging
sekswal na imoralidad. 15 Sa parehong paraan, may ilan
din sa inyo na siyang mahigpit na pinanghahawakan ang
katuruan ng mga Nicolaita. 16 Kaya magsisi kayo! Kung
hindi, darating ako sa inyo nang hindi magtatagal, at ako ay
gagawa ng digmaan laban sa kanila gamit ang espada na
lumalabas sa aking bibig. 17 Kung mayroon kayong tainga,
pakinggan ninyo ang sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Sa
isa na siyang nakalupig, ibibigay ko ang ilang nakatagong
manna, at ibibigay ko ang isang puting bato na may isang
bagong pangalan na nakasulat sa bato, isang pangalan na
walang kahit isang nakakaalam kundi ang isa na siyang
tumanggap nito. 18 Sa anghel ng iglesia ng Tiatira isulat: 'Ito
ang mga salita ng Anak ng Diyos, na may mga mata na
katulad ng ningas ng apoy at mga paa na gaya ng pinakintab
na tanso:' 19 “Alam ko ang inyong mga ginawa — ang
inyong pag-ibig, at pananananampalataya, at paglilingkod, at
ang inyong matiyagang pagtitiis at ang inyong mga ginawa
kamakailan ay higit pa kaysa mga ginawa ninyo sa una. 20
Pero mayroon akong laban sa inyo: pinahihintulutan ninyo
ang babaeng si Jezebel, na tinatawag ang sarili niyang
isang propeta. Sa pamamagitan ng kaniyang katuruan
ay nililinlang niya ang aking mga lingkod na gumawa ng
mga sekswal na imoralidad at kumain ng mga pagkaing
inialay sa mga diyus-diyosan. 21 Binigyan ko siya ng oras
para magsisi pero hindi maluwag sa kaniyang kalooban na
magsisi sa kaniyang imoralidad. 22 Bantayan ninyo! Ihahagis
ko siya sa isang banig ng karamdaman, at ang mga gumawa
ng pangangalunya kasama niya sa matinding pagdurusa,
malibang sila ay magsisi sa anumang ginawa niya. 23
Hahampasin ko ang kaniyang mga anak hanggang mamatay,
at ang lahat ng mga iglesia ay malalaman na ako ang siyang
sumisiyasat sa mga kaisipan at mga nasain. Ibibigay ko
sa bawat isa sa inyo ayon sa inyong ginawa. 24 Pero sa
iba sa inyo sa Tiatira, sa lahat ng hindi pinanghahawakan
ang katuruang ito, at hindi alam ang tinatawag ng iba na
malalalim na mga bagay ni Satanas — sinasabi ko sa inyo,
“hindi ko inilagay sa inyo ang anumang ibang pasanin.' 25 Sa
anumang kalagayan, dapat kayong humawak nang mahigpit
hanggang ako ay dumating. 26 Ang isa na siyang nakalupig
at siyang gumagawa ng mga ginawa ko hanggang sa huli,
sa kaniya ko ibibigay ang kapangyarihan sa ibabaw ng mga
bansa. 27 Siya ay mamumuno sa kanila gamit ang tungkod
na bakal, sila ay dudurugin niya gaya ng mga palayok.' 28
Gaya ng aking tinanggap mula sa aking Ama, ibibigay ko
rin sa kaniya ang bituin sa umaga. 29 Kung mayroon kang
tainga, makinig sa sinasabi ng Espirito sa mga iglesia.

3 “Sa anghel ng iglesya ng Sardis isulat: 'Ang mga salita ng
isa na siyang hawak ang pitong mga espiritu ng Diyos at
ng pitong mga bituin. “'Alam ko ang inyong ginawa. Mayroon
kayong isang dangal na kayo ay buhay, pero kayo ay patay.
2 Gumising at palakasin ninyo ang natitira, pero malapit ng
mamatay, dahil hindi ko natagpuan ang inyong mga gawa na
ganap sa paningin ng Diyos. 3 Kaya tandaan, kung ano
ang inyong tinanggap at narinig. Sundin ito, at magsisi.
Pero kung hindi kayo gigising, darating ako na parang isang
magnanakaw, at hindi ninyo malalaman kung anong oras
ako darating laban sa inyo. 4 Pero may ilang mga pangalan
ng mga tao sa Sardis na hindi dinumihan ang kanilang mga
damit. Lalakad silang kasama ko, nakadamit ng puti, dahil
sila ay karapat-dapat. 5 Ang isa na siyang nakalupig ay
susuotan ng puting damit, at hindi ko kailanman buburahin
ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at sasabihin
ko ang kaniyang pangalan sa harap ng aking Ama, at sa
harapan ng kaniyang mga anghel. 6 Kung mayroon kayong
tainga, pakinggan kung ano ang sinasabi ng Espiritu sa mga
iglesya. 7 “Sa anghel ng iglesya ng Filadelfia isulat: Ang mga
salita ng isa na siyang banal at tunay — hawak niya ang susi
ni David, binubuksan niya at walang isang makapagsasara,
sinasara niya at walang sinuman ang maaaring magbukas.
8 Alam ko ang inyong ginawa. Tingnan ninyo, Inilagay ko sa
inyong harap ang isang pintuang bukas na walang sinuman
ang maaaring ikulong. Alam kong mayroon kayong kaunting
kalakasan, gayunman sinunod ninyo ang aking salita at hindi
itinanggi ang aking pangalan. 9 Bantayan ninyo! Sila na
siyang nabibilang sa sinagoga ni Satanas, sila na siyang
nagsabing na sila ay mga Judio pero hindi, — sa halip sila
ay nagsisinungaling. Palalapitin ko sila at payuyukuin ko sa
harap ng inyong mga paa, at malalaman nila na minahal
ko kayo. 10 Yamang pinanatili ninyo ang aking utos na
matiyagang pagtitiis. Iingatan ko rin kayo mula sa oras ng
pagsubok na darating sa buong mundo, para subukin sila na
siyang nakatira sa mundo. 11 Ako ay malapit nang dumating.
Mahigpit na panghawakan kung anong mayroon kayo kaya
walang sinuman ang maaaring mag-alis ng inyong korona.

12 Gagawin kong isang haligi sa templo ng aking Diyos
ang isa na siyang nakalupig, at hindi na siya kailanman
lalabas dito. Isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking
Diyos, ang pangalan ng lungsod ng aking Diyos (ang bagong
Jerusalem, na bumababa sa langit mula sa aking Diyos),
at ang aking bagong pangalan. 13 Ang isa na siyang may
tainga, hayaan siyang makinig sa sinasabi ng Espiritu sa
mga iglesya. 14 Sa anghel ng iglesya sa Laodicea isulat:
'Ang mga salita ng Amen, ang maaasahan at totoong saksi,
ang tagapamahala sa nilikha ng Diyos. 15 Alam ko kung
ano ang inyong ginawa, at kayo na sinumang malamig o
mainit. Nais ko na kayo ay maging malamig ni mainit! 16
Kaya, dahil kayo ay maligamgam — ni mainit o malamig
— malapit ko na kayong isuka buhat sa aking bibig. 17
Dahil sinabi mo, “Mayaman ako, marami akong materyal na
pag-aari, at wala akong pangangailangan.” Pero hindi mo
alam na ikaw ang pinakamalungkot, kaawa-awa, dukha,
bulag at hubad. 18 Pakinggan ang aking payo: Bumili ka
mula sa akin ng gintong pinino sa pamamagitan ng apoy
kaya maaari kang maging mayaman, at makinang na mga
puting damit kaya maaari mong damitan ang iyong sarili
at hindi makikita ang kahihiyan ng iyong kahubaran, at
papanatag para pahiran ang iyong mga mata kaya maaari
kang makakita. 19 Bawat isa na mahal ko ay sinasanay
ko at tinuturuan sila paano dapat mamuhay. Kaya, maging
masigasig at magsisi. 20 Tingnan ninyo, ako ay nakatayo sa
may pinto at kumakatok. Kung sinuman ang nakaririnig sa
aking tinig at nagbubukas ng pinto, papasok ako sa kaniyang
tahanan at kakain kasama niya, at siya sa akin. 21 Ang
isa na siyang nakalupig, bibigyan ko ng karapatang umupo
kasama ko sa aking trono, gaya nang ako ay nakalupig at
umupo kasama ng aking Ama sa kaniang trono. 22 Kung
mayroon kang tainga, makinig sa sinasabi ng Espiritu sa
mga iglesya.

**4** Pagkatapos makita ko ang mga bagay na ito at nakita
ko na may isang pintuang bumukas sa langit. Ang unang
tinig, ay nangungusap sa akin gaya ng isang trumpeta,
sinabi, “Umakyat ka dito at ipapakita ko sa iyo kung anong
dapat mangyari pagkatapos ng lahat ng mga bagay na ito.
2 Agad akong nasa Espiritu, at nakita ko ang isang trono
na inilagay sa langit, na may isang tao na nakaupo dito. 3
Ang isa na siyang nakaupo dito ay parang batong jaspe at
kornalina. May isang bahaghari sa palibot ng trono. Ang
bahaghari ay katulad ng isang esmeralda. 4 Sa paligid ng
trono ay may dalawampu't apat na mga trono, at nakaupo sa
mga trono ay ang dalawampu't apat na mga nakatatanda,
bihis ng mga puting damit, may gintong mga korona sa
kanilang mga ulo. 5 Mula sa trono dumating ang bulos ng
kidlat, mga dagundong at mga lagapak ng kulog. Nag aapoy
ang pitong ilawan sa harapan ng trono, mga ilawan ng pitong
espiritu ng Diyos. 6 Sa harapan din ng trono ay mayroon
isang dagat, kasing linaw ng kristal. Lahat ng palibot ng
trono ay may apat na buhay na mga nilalang, puno ng mga
mata sa harapan at likod. 7 Ang unang buhay na nilalang ay
katulad ng isang leon, ang ikalawang buhay na nilalang ay
katulad ng isang guya, ang ikatlong buhay na nilalang ay
may isang mukha ng isang tao at ang ikaapat na buhay na
nilalang ay katulad ng isang lumilipad na agila. 8 Ang bawat
isa sa apat na buhay na mga nilalang ay mayroong anim na
mga pakpak, puno ng mga mata sa tuktok at sa ilalim. Gabi
at araw hindi sila tumigil sa pagsasabing, “Banal, banal,
banal, ang Panginoong Diyos, ang namumuno sa lahat,
siyang noon, at siyang ngayon, at siyang darating. 9 Kapag
ang buhay na mga nilalang ay nagbigay ng kaluwalhatian,
karangalan at pasasalamat sa isa na siyang nakaupo sa
trono, sa isa na siyang nabubuhay magpakailan pa man,
**(aiōn g165)** 10 ang dalawampu't apat na nakatatanda ay
nagpatirapa sa harap ng isang nakaupo sa trono. Yumuko
sila sa isang nabubuhay ng walang hanggan at magpakailan
pa man, at inihagis nila ang kanilang mga korona sa harap
ng trono, sinasabing, **(aiōn g165)** 11 “Karapat-dapat ka, aming
Panginoon at aming Diyos, na tumanggap ng kaluwalhatian
at ng karangalan at ng kapangyarihan. Dahil nilikha mo ang
lahat ng bagay, at sa pamamagitan ng iyong kalooban, sila
ay nabuhay at nilikha.

**5** Pagkatapos nakita ko sa kanang kamay ng isa na siyang
nakaupo sa trono, isang balumbon na nakasulat sa
harapang panig at sa likurang panig, at sinelyuhan ng
pitong selyo. 2 Nakita ko ang isang makapangyarihang
anghel na naghahayag ng may malakas ng tinig, “Sino
ang karapat-dapat magbukas ng balumbon at sirain ang
mga selyo nito?” 3 Walang sinuman sa langit o sa lupa
o sa ilalim ng lupa ang kayang buksan ang balumbon o
basahin ito. 4 Maramdamin akong umiyak dahil walang
sinuman ang nakatagpo na karapat-dapat para buksan ang
balumbon o basahin ito. 5 Pero sinabi sa akin ng isa sa
mga nakatatanda, “Huwag kang umiyak. Tingnan mo! Ang
Leon sa lipi ng Juda, ang Ugat ni David, ay nalupig, at kaya
niyang buksan ang balumbon at ang mga selyo nito.” 6 Sa
pagitan ng trono at ng apat na buhay na mga nilalang at
sa kalagitnaan ng mga nakatatanda, nakita ko ang isang
Kordero na nakatayo, nagmamasid na kahit siya ay pinatay.
Mayroon siyang pitong mga sungay at pitong mga mata —
ito ay ang pitong espiritu ng Diyos na ipinadala sa lahat ng
dako ng lupa. 7 Pumunta siya at kinuha ang balumbon mula
sa kanang kamay ng isa na siyang nakaupo sa trono. 8 Nang
nakuha niya ang balumbon, ang apat na buhay na nilalang
at ang dalawampu't apat na nakatatanda ay inihiga ang

kanilang mga sarili sa lupa sa harap ng Kordero. Ang bawat
isa sa kanila ay may isang alpa at isang gintong mangkok na
puno ng insenso — kung saan ang mga panalangin ng mga
mananampalataya. 9 Umawit sila ng bagong awit: “Ikaw ay
karapat-dapat kumuha ng balumbon at buksan ang mga
selyo nito. Dahil ikaw ay pinatay at sa pamamagitan ng iyong
dugo, binili mo ang mga tao para sa Diyos mula sa bawat
lipi, wika, mga tao, at bansa. 10 Ginawa mo silang isang
kaharian at mga pari para maglingkod sa ating Diyos at sila
ay maghahari sa mundo. 11 Pagkatapos nakita ko at narinig
ang tunog ng maraming mga anghel sa palibot ng trono,
— ang kanilang bilang ay 200, 000, 000 — at ang mga
buhay na nilalang at mga nakatatanda. 12 Kanilang sinabi
sa malakas na tinig, “Karapat-dapat ang Kordero na pinatay
na tumanggap ng kapangyarihan, kayamanan, karunungan,
kalakasan, karangalan, kaluwalhatian at kapurihan.” 13
Narinig ko bawat bagay na nasa langit, at sa lupa, at sa
ilalim ng lupa at sa dagat — lahat ng bagay sa kanila —
sinasabing: “Sa kaniya na siyang nakaupo sa trono, at sa
Kordero, ay ang kapurihan, karangalan, kaluwalhatian, at
kapangyarihan para mamahala, magpakailan pa man. **(aiōn
g165)** 14 Ang apat na buhay na nilalang ay sinabing'"Amen"
at ang mga nakatatanda ay humiga at sumamba.

**6** Tumingin ako nang buksan ng Kordero ang isa sa
pitong mga selyo, at narinig ko ang isa sa apat na
buhay na nilalang na sinabi sa tinig na gaya ng tunog
ng kulog, “Halika!” 2 Tumingin ako at naroon ang isang
puting kabayo! Ang nakasakay ay may hawak na pana,
at binigyan siya ng isang korona. Siya ay lumabas bilang
isang manlulupig para manakop. 3 Nang buksan ng Kordero
ang ikalawang selyo, narinig ko ang ikalawang buhay na
nilalang na sinabi, “Halika!” 4 Pagkatapos lumabas ang
isa pang kabayo—maningas na pula. Sa sakay nito ay
ibinigay ang pahintulot na alisin ang kapayapaan mula sa
lupa, kaya itong ang mga tao ay magnais na patayin ang
isa't isa. Binigyan ang sakay ng isang malaking espada.
5 Nang buksan ng Kordero ang ikatlong seal, narinig ko
ang ikatlong buhay na nilalang na sinabi, “Halika!” Nakita
ko ang isang kabayong itim, ang sakay ay may hawak na
pares ng timbangan sa kaniyang kamay. 6 Narinig ko ang
tinig parang mula sa gitna ng apat ng buhay na nilalang,
sinabi, “Isang takal ng trigo para sa isang dinaryo at tatlong
takal ng sebada para sa isang dinario. Pero huwag mong
ipahamak ang alak at langis.” 7 Nang buksan ng Kordero
ang ika-apat na selyo, narinig ko ang ika-apat na buhay na
nilalang na sinabi, “Halika!” 8 Pagkatapos nakita ko ang
isang maputlang kabayo. Ang sakay dito ay pinangalanang
Kamatayan at sumusunod sa kaniya ang hades. Sila ay
binigyan ng kapangyarihan sa ibabaw ng isang ika-pat
sa lupa, para patayin gamit ang espada, kagutuman at
karamdaman at sa pamamagitan ng mga mababangis na
hayop sa lupa. **(Hadēs g86)** 9 Nang buksan ng Kordero ang
ikalimang selyo, nakita ko sa ilalim ng altar ang mga kaluluwa
ng mga pinatay dahil sa salita ng Diyos at sa kanilang
patotoo na pinanghawakan nila nang buong pananalig. 10
Umiyak sila nang may malakas na tinig, “Gaano katagal,
Tagapamahala sa ibabaw ng lahat, banal at totoo, hanggang
hatulan mo ang mga nabubuhay sa lupa, at hanggang
ipaghiganti mo ang aming dugo? 11 Pagkatapos bawa't isa
sa kanila ay binigyan ng puting damit, at sila ay sinabihan
na dapat silang maghintay ng kaunti hanggang ang lubos
na bilang ng kapwa nila mga lingkod at mga kapatid na
lalaki at babae ay abutin siyang patayin, na gaya nilang
pinatay. 12 Nang buksan ng Kordero ang ika-anim na selyo,
nagmasid ako, at nagkaroon ng malakas na lindol. Ang araw
ay naging kasing itim ng sako. At ang kabilugan ng buwan
ay naging parang dugo. 13 Ang mga bituin sa langit ay
nahulog sa lupa, tulad ng puno ng igos na ang mga bunga ay
nahuhulog sa panahon ng taglamig kapag inihip ng malakas
na hangin. 14 Naglaho ang langit tulad ng balumbong nirolyo
ng pataas. Bawat bundok at isla ay nalipat sa kanilang mga
kinalalagyan. 15 Pagkatapos ang mga hari sa lupa at ang
mahahalagang tao, at ang mga heneral, ang mayaman, ang
makapangyarihan, at iba pa, alipin at malaya, nagtago sa
mga kuweba at sa kalagitnaan ng mga bato sa kabundukan.
16 Tabunan kami! Itago mo kami mula sa mukha niya na
siyang nakaupo sa trono at mula sa galit ng Kordero.” 17
Dahil darating ang dakilang araw ng kanilang poot, at sino
ang makakayang tumayo?”

**7** Pagkatapos nito nakita ako ng apat na angel nakatayo sa
apat na sulok ng lupa, mahigpit na hinahawakan ang apat
na hangin sa lupa kaya dapat walang umihip na hangin sa
lupa, sa dagat at laban sa anumang puno. 2 Nakita ko ang
isa pang anghel na dumarating mula sa silangan, na taglay
ang selyo ng buhay na Diyos. Sumigaw siya nang may
malakas na tinig sa apat na anghel na binigyan ng pahintulot
na pinsalain ang lupa at dagat. “ 3 Huwag ninyong pinsalain
ang lupa, ang dagat o ang mga puno, hanggang lagyan
na namin ng isang tatak ang mga noo ng lingkod ng ating
Diyos.” 4 Narinig ko ang bilang ng siyang mga natatakan:
144, 000, siyang mga natatakan mula sa bawat lipi ng bayan
ng Israel: 5 12, 000 mula sa lipi ni Juda ay natatakan, 12,
000 mula sa lipi ni Ruben, 12, 000 mula sa lipi ni Gad, 6 12,
000 mula sa lipi ni Asher, 12, 000 mula sa lipi ni Neftali,
12, 000 mula sa lipi ni Manases. 7 12, 000 mula sa lipi ni
Simeon, 12000 mula sa lipi ni Levi, 12, 000 mula sa tlipi ni
Isacar. 8 12, 000 mula sa lipi ni Zebulun, 12, 000 mula sa lipi
ni Jose at 12, 000 mula sa lipi ni Benjamin ay natatakan.

9 Pagkatapos makita ko ang mga ito, at mayroong isang
malaking maraming tao na walang sinuman ang makabilang
— mula sa bawat bansa, lipi, bayan, at wika — nakatayo
sa harap ng trono sa harapan ng Kordero. Nakasuot sila
ng puting mga balabal at hawak ang mga sanga ng palma
sa kanilang mga kamay, 10 at sila ay sumisigaw ng may
malakas na tinig: "Ang kaligtasan ay pagmamay-ari ng ating
Diyos, siya na nakaupo sa trono, at ng Kordero!" 11 Ang lahat
ng mga anghel ay nakatayo sa paligid ng trono, at sa paligid
ng mga matatanda at ng apat na buhay na mga nilalang, at
sila ay humiga sa lupa, at inilapat ang kanilang mga mukha
sa lupa sa harap ng trono at sumamba sila sa Diyos, 12 na
nagsasabing, "Amen! Papuri, kaluwalhatian, karunungan,
pasasalamat, karangalan, kapangyarihan, at kalakasan ay
sumaating Diyos magpakailan pa man. Amen!" **(aiōn g165)** 13
Pagkatapos isa sa mga matatanda ay nagtanong sa akin:
"Sino ang mga ito, nadaramitan ng puting mga kasuotan,
at saan sila nagmula?" 14 Sinabi ko sa kaniya, "Alam po
ninyo, ginoo," at sinabi niya sa akin, "Sila ang mga nagmula
sa Dakilang Pag-durusa. Hinugasan nila ang kanilang mga
kasuotan at naging maputi dahil sa dugo ng Kordero." 15
Dahil sa ganitong dahilan, sila ay nasa harapan ng trono ng
Diyos at sumasamba sila araw at gabi sa kaniyang templo.
Siya na siyang nakaupo sa trono, ay maglalatag ng tolda sa
ibabaw nila. 16 Hindi na sila magugutom muli, ni sila ay
mauuhaw muli. Hindi sila masasaktan sa araw ni anumang
nasusunog na init. 17 Dahil ang Kordero na nasa gitna ng
trono ay kanilang magiging pastol, at gagabayan niya sila
patungo sa bukal na tubig ng buhay, papahirin ng Diyos ang
bawat luha mula sa kanilang mga mata."

**8** Nang buksan ng Kordero ang ika-pitong selyo, naroon
ang isang katahimikan sa langit nang mga kalahating
oras. 2 Pagkatapos nakita ko ang pitong anghel na siyang
nakatayo sa harap ng Diyos. at pitong mga trumpeta ang
ibinigay sa kanila. 3 Isa pang anghel ang dumating, hawak
ang isang gintong mangkok ng insenso, nakatayo sa altar.
Maraming insenso ang ibinigay sa kaniya, sa gayon dapat
niya itong ialay kasama ng mga panalangin ng lahat ng mga
mananampalataya sa gintong altar sa harap ng trono. 4
Ang usok ng insenso kasama ng mga panalangin ng mga
mananampalataya, ay bumangon sa harap ng Diyos mula
sa kamay ng anghel. 5 Kinuha ng anghel ang mangkok ng
insenso at pinuno ito ng apoy mula sa altar. Pagkatapos
ibinato niya ito sa lupa, at nagkaroon ng salpukan ng
mga kulog, mga dagungdong, at mga kislap ng kidlat at
isang lindol. 6 Ang pitong anghel na may mga trumpeta
ay naghanda para patunigin sa kanila. 7 Pinatunog ng
unang anghel ang kaniyang trumpeta, at umulan ng yelo
at apoy na may halong dugo. Ito ay inihagis pababa sa
lupa kaya ang ikatlong bahagi nito ay natupok, ang ikatlong
bahagi ng mga puno ay natupok, at ang lahat ng mga
damong berde ay natupok. 8 Pinatunog ng ikalawang anghel
ang kaniyang trumpeta, at isang bagay na parang isang
napakalaking bundok na nasusunog ng apoy ang itinapon
sa dagat. Ang ikatlong bahagi ng dagat ay naging dugo, 9
ang ikatlong bahagi ng buhay na mga nilalang sa tubig ay
namatay, at ang ikatlong bahagi ng mga barko ay nasira. 10
Pinatunog ng ikatlong anghel ang kaniyang trumpeta, at
isang napakalaking bituin ang nahulog mula sa himpapawid,
nagliliyab tulad ng isang sulo, sa ikatlong bahagi ng mga
ilog at mga bukal na tubig. 11 Ang pangalan ng bituin ay
Kapaitan. Ang ikatlong bahagi ng tubig ay naging mapait, at
maraming mga tao ang namatay mula sa tubig na naging
mapait. 12 Pinatunog ng ika-apat na anghel ang kaniyang
trumpeta, at ang ikatlong bahagi ng araw ay hinampas,
gayun din ang ikatlong bahagi ng buwan, at ikatlo ng mga
bituin. Kaya ang ikatlo sa kanila ay nagdilim, ang ikatlo sa
araw at ikatlo sa gabi ay nawalan ng liwanag. 13 Tumingin
ako, at narinig ko na lumilipad ang isang agila sa gitna ng
himapapawid, tumatawag ng may malakas na tinig, "Kaawa-
awa, kaawa-awa, kaawa-awa, sila na nabubuhay sa lupa,
dahil sa natitira pang mga pagsabog ng trumpeta na malapit
ng patunugin ng tatlong anghel."

**9** Pagkatapos hinipan ng ikalimang anghel ang kaniyang
trumpeta. Nakita ko ang isang bituin mula sa langit na
nahulog sa lupa. Ibinigay sa bituin ang susi ng lagusan
patungo sa napakalalim na hukay. **(Abyssos g12)** 2 Binuksan
niya ang lagusan ng napakalalim na hukay at lumabas ang
isang haligi ng usok sa lagusan tulad ng usok mula sa
malaking pugon. Nagdilim ang araw at ang hangin dahil
sa usok na lumalabas mula sa lagusan. **(Abyssos g12)** 3
Lumabas sa lupa ang mga balang mula sa usok, at binigyan
sila ng kapangyarihan katulad ng mga alakdan sa lupa.
4 Sinabihan sila na huwag pinsalain ang damo sa lupa o
anumang berdeng halaman o puno, pero mga tao lamang na
walang tatak ng Diyos sa kanilang mga noo. 5 Sila ay hindi
nagbigay ng pahintulot na patayin ang mga taong iyon, pero
pahirapan lamang sila sa loob ng limang buwan. Kanilang
matinding paghihirap ay naging tulad ng kagat ng isang
alakdan kapag hinampas ng isang tao. 6 Sa mga araw na
iyon ay hahanapin ng mga tao ang kamatayan, pero di nila
ito mahahanap. Sila ay matagal mamamatay, pero lalayo sa
kanila ang kamatayan. 7 Ang mga balang ay katulad ng
mga kabayong nakahanda sa digmaan. Sa kanilang mga ulo
ay may tulad ng mga gintong korona at ang kanilang mga
mukha ay tulad ng mga mukha ng tao. 8 May buhok silang
gaya ng buhok ng mga babae at ang kanilang mga ngipin
ay gaya ng ngipin ng mga leon. 9 Mayroon silang mga

baluting tulad ng baluting bakal, at ang tunog ng kanilang
mga pakpak ay parang tunog na gawa sa mga karwahe at
mga kabayong tumatakbo sa loob ng digmaan. 10 Mayroon
silang mga buntot na may tulis tulad ng mga alakdan; sa
kanilang mga buntot ay may kapangyarihan silang makasakit
sa mga tao nang limang buwan. 11 Mayroon silang hari na
nangunguna sa kanila ang anghel sa pinakailalim ng hukay.
Ang kaniyang pangalan sa Hebreo ay Abadon at sa Griego
ang kaniyang pangalan ay Apolion. **(Abyssos g12)** 12 Ang
unang kaawa-awa ay nakaraan. Masdan mo! Matapos ito
may dalawang pang kapahamakan ang darating. 13 Hinipan
ng ika-anim na angel ang kaniyang trumpeta, at narinig ko
ang tinig na nagmumula sa mga sungay ng gintong altar
na naroon sa harapan ng Diyos. 14 Sinabi ng tinig sa ika-
anim na anghel na may trumpet, "Pakawalan ang apat ng
anghel na nakagapos sa dakilang ilog Eufrates". 15 Ang
apat na anghel na siyang naihanda para sa sobrang oras
na iyon, nang araw na iypn, nang buwan na iyon, at nang
taon na iyon ay pinalaya par patayin ang ikatlong bahagi ng
sang katauhan. 16 Ang bilang ng mga kawal na nasakay sa
kabayo ay 200, 000, 000. Narinig ko ang kanilang bilang. 17
Ganito ko nakita ang mga kabayo sa aking pangitain, at
ang mga nakasakay sa kanila. Ang kanilang mga baluti ay
maningas na pula, matingkad na asul at asupreng dilaw. Ang
ulo ng mga kabayo ay kahawig ng mga ulo ng mga lion at
lumalabas sa kanilang mga bibig ang apoy, usok at asupre.
18 Ang ikatlong bahagi ng bayan ay pinatay sa pamamagitan
ng tatlong salot na ito: ang apoy, usok, at asupre na lumabas
sa kanilang mga bibig. 19 Dahil ang kapangyarihan ng mga
kabayo ay nasa kanilang mga bibig at sa kanilang mga
buntot—dahil ang kanilang mga buntot ay tulad ng mga
ahas, at mayroon silang mga ulo na nagsanhi ng mga sugat
sa tao. 20 Ang natira sa sangkatauhan, ang siyang mga hindi
pinatay sa pamamagitan ng mga salot na ito, hindi nagsisi
sa mga gawaing gawa nila, o ginawa ba nilang itigil ang
pagsamba sa mga demonyo at mga diyus-diyosang ginto,
pilak tanso, bato at kahoy—mga bagay na hindi nakakikita,
nakaririnig o nakalalakad. 21 Ni hindi nila ginawang magsisi
sa kanilang mga pagpatay, kanilang pangugulam, kanilang
sekswal na imoralidad o ang kanilang gawaing pagnanakaw.

**10** Pagkatapos nakita ko ang isa pang malakas na anghel
bumababa mula sa langit. Nababalutan siya ng isang
ulap at may isang bahanghari sa itaas ng kaiyang ulo.
Ang kaniyang mukha ay tulad ng araw at ang kaniyang
mga paa ay gaya ng haliging apoy. 2 May hawak siya sa
kaniyang kamay na isang maliit na balumbon na nakabukas,
at ipinatong niya sa dagat ang kaniyang kanang paa at ang
kaniyang kaliwang paa sa lupa. 3 Pagkatapos sumigaw siya
ng malakas na tinig gaya ng umaatungal na leon, at nang
siya ay sumigaw ang pitong mga kulog ay dumagundong. 4
Nang dumagundong ang pitong kulog, halos isusulat ko na,
pero narinig ko ang isang tinig mula sa langit na sinasabing,
"Manatiling lihin anuman ang sinabi ng pitong kulog. Huwag
itong isulat." 5 Pagkatapos ang anghel na aking nakitang
nakatayo sa dagat at sa lupa, ay itinaas ang kaniyang
kanang kamay sa langit 6 at nanumpa sa pamamagitan
niya na mabubuhay magpakailanman — siyang lumikha ng
langit at lahat ng naroon, ang lupa at lahat ng naroon, at ang
dagat at lahat ng naroon: "Walang maaaring magtagal doon.
**(aiōn g165)** 7 Pero sa araw kung kailan ang ika-pitong anghel
ay malapit nang hipan ang kaniyang trumpeta, pagkatapos
ang hiwaga ng Diyos ay naganap na, gaya ng kaniyang
ipinahayag sa kaniyang mga lingkod na mga propheta." 8
Narinig ko ang tinig mula sa langit na may muling sinasabi
sa akin: "Lumakad ka, kunin mo ang bukas na balumbon na
nasa kamay ng anghel na nakatayo sa dagat at sa lupa." 9
Pagkatapos pumunta ako sa angel at sinabi ko sa kaniya na
ibigay niya sa akin ang maliit na balumbon. Sinabi niya sa
akin, "Kunin mo ang balumbon at kaiinin ito. Gagawin nitong
mapait ang iyong tiyan, pero sa iyong bibig ito ay magiging
kasing tamis ng pulot. 10 Kinuha ko ang maliit na balumbon
mula sa kamay ng anghel at kinain ko ito. Ito ay kasing tamis
ng pulot sa aking bibig pero pagkatapos ko itong kainin
ay pumait ang aking tiyan. 11 Pagkatapos ilang mga tinig
ang nagsabi sa akin, "Kailangan mong magpropesiya muli
tungkol sa maraming tao, mga bansa, mga wika at sa mga
hari."

**11** Isang tambo ang binigay sa akin para gamitin tulad
ng isang panukat. Sinabihan ako, "Tumayo ka at
sukatin ang templo ng Diyos at ang altar, at ang mga
sumasamba sa loob nito. 2 Pero huwag mong susukatin
ang patyo sa labas ng templo, dahil naibigay na iyon sa
mga Gentil. Pagtatapakan nila ang banal na lungsod sa
loob ng apatnapu't dalawang buwan. 3 Bibigyan ko ang
aking dalawang saksi ng kapangyarihan para magpropesiya
sa loob ng 1, 260 na araw, na nakadamit ng sako. " 4
Ang mga saksing ito ay ang dalawang puno ng olibo at
dalawang ilawan na nakatayo sa harapan ng Panginoon
sa lupa. 5 Kung sinuman ang magpapasyang manakit sa
kanila, lalabas ang apoy mula sa kanilang bibig at tutupukin
ang kanilang mga kaaway. Sinuman ang magnanais manakit
ay papatayin sa ganitong paraan. 6 Ang mga saksing ito
ay may kapangyarihan para isara ang kalangitan kaya
walang bubuhos na ulan sa oras nang sila ay magpropesiya.
May kapangyarihang silang gawing dugo ang mga tubig
at hampasin ang mundo kasama ang lahat ng uri ng salot
anuman ang kanilang hilingin. 7 Kapag natapos na nila ang
kanilang patotoo, lalabas ang halimaw mula sa pinakailalim

ng hukay at makikipagdigma laban sa kanila. Lulupigin
nila sila at papatayin. **(Abyssos g12)** 8 Ang kanilang mga
katawan ay ilalatag sa kalsada sa dakilang lungsod (na
tinatawag na Sodom at Egipto bilang simbolo) kung saan
ipinako sa krus ang kanilang Panginoon. 9 Sa loob ng
tatlo at kalahating araw ilan mula sa bawat bayan, lipi,
wika, at bansa ay tinitingnan ang kanilang mga katawan
at hindi nila pahihintulutang ilagay sa isang libingan. 10
Silang mga naninirahan sa lupa ay magagalak sa kanila
at magdiriwang, kahit nagpapadala sila ng mga kaloob sa
isa't isa dahil itong dalawang propeta ay pinahirapan ang
mga naninirahan sa lupa. 11 Pero makalipas ang tatlo at
kalahating araw isang hininga ng buhay mula sa Diyos
ay papasok sa kanila at sila ay tatayo sa kanilang mga
paa. Matinding takot ang lulukob sa lahat ng makakakita sa
kanila. 12 Pagkatapos maririnig nila ang malakas na tinig
mula sa langit na sinasabi sa kanila, “Umakyat kayo rito!” At
sila ay aakyat sa langit sa isang ulap, habang nakatingin ang
kanilang mga kaaway. 13 Sa oras na iyon nagkaroon doon
ng isang matinding lindol at ang ika-sampung bahagi ng
lungsod nagiba. Pitong libong tao ang namatay sa lindol at
ang mga nakaligtas ay natakot at nagbibigay kaluwalhatian
sa Diyos ng langit. 14 Ang ikalawang kapighatian ay lumipas
na. Pagmasdan ito! Ang ikatlong kapighatian ay mabilis
dadating. 15 Pagkatapos pinatunog ng ika-pitong anghel ang
kaniyang trumpeta, at malalakas na tinig ang nagsalita sa
langit at sinabing, “Ang kaharian ng mundo ay magiging
kaharian na ng ating Panginoon at ng kaniyang Cristo.
Siya ay maghahari magpakailan pa man.” **(aiōn g165)** 16
Pagkatapos ang dalawampu't apat na nakatatanda na
nakaupo sa mga trono sa presensiya ng Diyos ay ibinaba
ang kanilang mga sarili sa lupa, na nakatungo at sinamba
ang Diyos. 17 Sinabi nila, “Nagpapasalamat kami sa iyo,
Panginoong Diyos, ang naghahari sa lahat, ang isa na at
ang siyang noon, dahil nakamit mo ang iyong dakilang
kapangyarihan at nagsimulang maghari. 18 Sumiklab ang
galit ng mga bansa, pero ang iyong poot ay dumating na.
Ang panahon ay narito na para ang mga patay para hatulan
at dahil sa iyo para gantimpalaan ang iyong mga lingkod,
ang mga propeta, ang mga mananampalataya, at silang mga
may takot sa iyong pangalan, silang mga hindi mahalaga
at ang dakila. At ang oras ay dumating dahil sa iyo para
wasakin silang mga sumisira sa mundo. 19 Pagkatapos
bumukas ang templo ng Diyos sa langit at ang kaban ng
kaniyang tipan ay nakita sa loob ng kaniyang templo. May
mga kislap ng kidlat, mga dagundong at salpukan ng mga
kulog, may lindol, at isang matinding pag-ulan ng yelo.

**12** Isang dakilang tanda ang nakita sa langit: isang babae
na dinamitan ng araw, at ang buwan ay nasa ilalim
ng kaniyang paa; at nasa ulo niya ay korona ng labing
dalawang bituin 2 Siya ay buntis at sumisigaw sa sakit ng
pagsisilang—sa sakit ng panganganak. 3 At may isa pang
tanda ang nakita sa langit. Tingnan mo! May isang malaking
pulang dragon na may pitong ulo at sampung sungay, at
may pitong korona sa kaniyang mga ulo. 4 Tinaboy ng
kaniyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa langit
at inihulog pababa sa lupa. Tumayo ang dragon sa harap
ng babae na malapit nang magsilang, kaya nang siya ay
nagsilang, gusto niyang ay lamunin ang kaniyang anak. 5
Nagsilang siya ng isang anak, isang batang lalaki, na siyang
maghahari sa lahat ng mga bansa nang may tungkod na
bakal. Inagaw ang kaniyang anak papunta sa Diyos at sa
kaniyang trono, 6 at tumakas ang babae papunta sa ilang,
kung saan inihanda ng Diyos ng lugar para sa kaniya, kaya
maalagaan siya ng 1, 260 araw. 7 Ngayon may labanan
doon sa langit. Si Michael at ang kaniyang mga anghel ay
nakipaglaban sa dragon; at lumaban pabalik ang dragon
at ang kaniyang mga anghel. 8 Pero ang dragon ay hindi
gaanong malakas para manalo. Kaya wala ng natitirang
lugar sa langit para sa kaniya at sa kaniyang mga anghel.
9 Ang dakilang dragon — ang dating ahas na tinawag na
demonyo o Satanas na nanlilinlang sa buong mundo— ay
tinapon pababa sa lupa, at ang kaniyang mga anghel ay
itinapon pababa kasama siya. 10 Pagkatapos narinig ko
ang isang malakas na tinig sa langit, “Ngayon narito na ang
kaligtasan, ang kapangyarihan — at ang kaharian ng ating
Diyos, at ang kapangyarihan ng kaniyang Cristo. Dahil ang
taga-paratang ng ating mga kapatid ay naitapon na pababa
— siyang nagparatang sa kanila araw at gabi sa harap ng
ating Diyos. 11 Siya ay kanilang nilupig sa pamamagitan ng
dugo ng Kordero at sa pamamagitan ng kanilang patotoo,
dahil hindi nila minahal ang kanilang buhay nang higit, kahit
sa kamatayan. 12 Kaya, magalak, kayong mga langit, at
lahat ng naninirahan sa kanila. Pero kaawa-awa ang nasa
lupa at ang nasa dagat dahil ang demonyo ay bumaba sa
inyo. Napuno siya ng nakasisindak na galit, dahil alam niya
na kakaunti lamang ang kaniyang oras. 13 Nang mapagtanto
ng dragon na siya ay itinapon sa lupa, hinanap niya ang
babaing nagsilang ng batang lalaki. 14 Pero ang babae
ay binigyan ng dalawang pakpak ng isang malaking agila,
kaya siya ay nakalipad sa lugar na inihanda para sa kaniya
sa ilang, ang lugar kung saan siya mapapangalagaan, sa
loob ng isang oras, maraming oras at kalahating oras—na
malayong maabot ng ahas. 15 Nagbuga ng tubig mula sa
kaniyang bibig ang ahas tulad ng isang ilog, kaya nakagawa
ng isang baha para tangayin siya. 16 Pero tinulungan ng
lupa ang babae. Binuksan nito ang kaniyang bibig at nilunok
ng ilog ang binuga ng dragon mula sa kaniyang bibig. 17

Pagkatapos sumiklab ang galit ng dragon sa babae at
umalis para makipagdigma sa mga natitirang kaapu-apuhan
niya - silang mga sumunod sa mga kautusan ng Diyos at
pinanghawakan ang mga patotoo tungkol kay Jesus.

**13** Pagkatapos tumayo ang dragon sa buhangin ng
dalampasigan. Pagkatapos nakita ko ang isang halimaw
na umaahon mula sa dagat. Siya ay may sampung sungay at
pitong ulo. Sa mga sungay nito ay may sampung korona, at
sa kaniyang ulo ay may mga pangalan na paglalapastangan
sa Diyos. **2** Itong halimaw na nakita ko ay parang isang
leopardo. Ang kaniyang mga paa ay tulad ng mga paa ng
isang oso, at ang kaniyang bibig ay tulad ng bibig ng isang
leon. Ibinigay ng dragon ang kapangyarihan nito sa kaniya, at
ang kaniyang trono, at ang kaniyang lubos na kapangyarihan
para mamuno. **3** Isa sa mga ulo ng halimaw ay nagkaroon
ng nakamamatay na sugat na maaring maging sanhi ng
kaniyang kamatayan. Pero ang sugat na iyon ay humilom, at
ang buong mundo ay namangha at sumunod sa halimaw. **4**
Sinamba rin nila ang dragon, dahil ibinigay niya ang kaniyang
kapangyarihan sa halimaw. Sinamba rin nila ang halimaw at
paulit-ulit na sinabi, “Sino ang tulad ng halimaw? at “Sino
ang maaaring lumaban sa kaniya?” **5** Binigyan ang halimaw
ng bibig na maaring magsalita ng mga mapagmataas
na mga salita at mga paglalapastangan. Pinahintulutan
siyang gamitin ang kapangyarihan ng apatnapu't dalawang
buwan. **6** Kaya binuksan ng halimaw ang kaniyang bibig
para magsalita ng mga paglalapastangan laban sa Diyos,
hinahamak ang kaniyang pangalan, ang lugar kung saan
siya nanirahan, at silang mga naninirahan sa langit. **7**
Pinahintulutan ang halimaw na makipagdigmaan sa mga
mananampalataya at para lupigin sila. Gayundin, ibinigay sa
kaniya ang kapangyarihan ng bawat lipi, mga tao, wika, at
bansa. **8** Lahat ng mga naninirahan sa lupa ay sasambahin
siya, ang lahat ng hindi nakasulat ang pangalan, simula pa
nang nilikha ang mundo, sa aklat ng buhay, na pagmamay-
ari ng Kordero, siyang pinatay. **9** Kung sinuman ang may
tainga, hayaan siyang makinig. **10** Kung sinuman ang hinuli
sa pagkabihag, sa pagkabihag siya ay mapupunta. Kung
sinuman ang papatayin gamit ang espada, sa espada siya
mapapatay. Ito ay isang panawagan para sa matiyagang
pagtitiis at pananampalataya para sa kanila na mga banal. **11**
Pagkatapos nakakita ako ng isa pang halimaw na lumalabas
mula sa lupa. Mayroon siyang dalawang sungay tulad ng
tupa at nagsalita siya tulad ng isang dragon. **12** Ginamit
niya ang lahat ng kaniyang kapangyarihan tulad ng naunang
halimaw na nasa kaniyang presensya, at ginawa ang mundo
at sa mga naninirahan dito ay sumasamba sa unang halimaw
— siya na may nakamamatay na sugat na gumaling. **13**
Gumawa siya ng mga makapangyarihang himala, kahit
pabagsakin ang apoy sa lupa mula sa langit sa harap ng mga
tao, **14** at sa pamamagitan ng mga tandang pinahintulutan
siyang gawin, kaniyang nilinlang ang mga naninirahan sa
lupa, sinasabihan niya sila na gumawa ng larawan sa
karalangan ng halimaw na nasugatan sa pamamagitan ng
espada, pero buhay pa rin siya. **15** Pinahintulutan siya na
bigyan ng hininga ang imahe ng halimaw kaya ang imahe
ay nakapagsalita at papatayin ang dumudulot sa lahat na
tumanggi para sambahin ang halimaw para patayin. **16** Pinilit
din niya ang lahat, hindi mahalaga at malakas, mayaman
at mahirap, malaya at alipin, para tumanggap ng tatak sa
kanang kamay o sa noo. **17** Hindi maaring bumili o pagbilhan
ang kahit sino maliban na lamang kung siya ay may tatak ng
halimaw, iyon ayn, ang bilang na kumakatawan sa kaniyang
pangalan. **18** Ito ay tumatawag para sa karunungan. Kung
sino ang may kabatiran, hayaan siyang bilangin ang bilang
ng halimaw. Dahil ito ang bilang ng isang tao. Ang kaniyang
bilang ay 666.

**14** Tumingin ako at nakita ang Kordero na nakatayo sa
aking harapan sa Bundok Sion. Kasama niya ang
144, 000 siyang may pangalan at pangalan ng kaniyang
Ama na naisulat sa kanilang mga noo. **2** Narinig ko ang
tinig mula sa langit na tila isang dagundong ng maraming
tubig at malakas na kulog. Ang tunog na narinig ko ay tulad
din ng mga manunugtog na tumutugtog ng kanilang mga
alpa. **3** Umawit sila ng isang bagong awit sa harapan ng
trono at sa harap ng apat na buhay na nilalang at sa mga
nakatatanda. Walang sinuman ang nakakaalam ng awit
maliban sa 144, 000 na tinubos mula sa mundo. **4** Sila
ang mga hindi dinungisan ang kanilang mga sarili sa mga
babae, dahil pinanatili nila ang kanilang sarili sa pagdalisay
ng sekswal. Sila ang mga sumusunod sa Kordero saan man
siya pumupunta. Sila ang tinubos mula sa sangkatauhan
bilang mga unang bunga sa Diyos at sa Kordero. **5** Walang
kasinungalingan ang natagpuan sa kanilang mga bibig; sila
ay walang kapintasan. **6** Nakita ko ang isa pang anghel na
lumilipad sa alapaap, na may walang hanggang mensahe ng
magandang balita para ipahayag sa mga naninirahan sa
mundo — sa bawat bansa, tribo, wika, at mga tao. **(aiōnios
g166)** **7** Tumawag siya nang may malakas na tinig, “Matakot
sa Diyos at bigyan siya ng kaluwalhatian. Dahil sa oras ng
kaniyang paghuhukom ay dumating na. Sambahin siya, siya
na lumikha ng langit, ng lupa, ng dagat, at ng mga bukal ng
mga tubig. **8** Isa pang anghel - ang pangalawang anghel - ay
sumunod sa sinasabing “Bumagsak, bumagsak ang tanyag
na Babylonia, na ginawa ang lahat ng bansa na uminom
ng alak sa kaniyang sekswal na imoralidad, ang alak na
nagdala ng labis na poot sa kaniya.” **9** Isa pang anghel —
ang pangatlong anghel — ay sumunod sa kanila, sinasabi

ang malakas na tinig, “Kung sinuman ang sumasamba sa
halimaw at sa kaniyang imahe, at tumatanggap ng tanda sa
kaniyang noo o sa kaniyang kamay, 10 siya rin ay iinom ng
alak ng poot ng Diyos, ang alak na inihanda at ibinuhos
nang walang halo sa kopa ng kaniyang galit. Ang taong
umiinom nito ay maghihirap sa apoy at asupre sa harap ng
mga banal na anghel at sa harap ng Kordero. 11 Ang usok
mula sa kanilang paghihirap ay aangat magpakailan pa man,
at wala silang kapahingahan sa umaga o gabi — silang mga
sumasamba sa halimaw at sa kaniyang imahe, at lahat ng
tumatanggap ng tanda sa kaniyang pangalan. **(aiōn g165)** 12
Ito ay isang panawagan para sa matiyagang pagtitis ng mga
mananampalataya, silang mga sumusunod sa mga kautusan
ng Diyos at nananampalataya kay Jesus.” 13 Narinig ko ang
isang tinig mula sa langit na sinabing, “Isulat ito: Pinagpala
ang mga patay na namatay sa Panginoon.” “Oo,” sabi ng
Espiritu, “kaya sila ay makapagpahinga sa kanilang mga
gawain, dahil sa kanilang mga gawa ay susunod sila.” 14
Tumingin ako at nakita ko doon ang isang puting ulap,
at nakaupo sa ulap ang katulad ng isang Anak ng Tao.
Mayroon siyang gintong korona sa kaniyang ulo at matalim
na karit sa kaniyang kamay. 15 Pagkatapos isa pang anghel
ang lumabas sa templo at tumawag ng malakas sa siyang
nakaupo sa ulap: “Kunin mo ang iyong karit at simulan ang
pag-ani. Dahil dumating na ang panahon ng anihan, dahil
ang mga aanihin sa lupa ay hinog na. 16 Pagkatapos ibinitin
ng siyang nakaupo sa ulap ang kaniyang karit sa lupa, at
ang lupa ay inani. 17 Isa pang anghel na lumabas mula sa
templo ng kalangitan; mayroon din siyang matalim na karit.
18 May isa pang anghel ang lumabas mula sa altar, isang
anghel na may kapangyarihan na apoy. Sumigaw siya nang
malakas na tinig sa anghel na may matalim na karit, “Dalhin
mo ang iyong matalim na karit at tipunin ang tumpok ng
ubas mula sa mga puno ng ubas sa lupa, dahil ang kanilang
mga ubas ay hinog na ngayon. 19 Ibinitin ng anghel ang
kaniyang karit sa lupa at tinipon ang ubas na inani sa lupa at
itinapon ito sa malaking lalagyan ng alak ng poot ng Diyos.
20 Pinag-aapakan sa labas ng lungsod ang pigaan ng ubas
at umagos ang gudo mula dito na umabot sa taas ng preno
ng kabayo, para sa 1, 600 estadio.

**15** Pagkatapos nakita ko ang isa pang tanda sa langit,
dakila at kamangha-mangha: Mayroong pitong anghel
na may pitong salot, kung saan ito ang mga huling salot
(dahil sa kanila ang poot ng Diyos ay tapos na). 2 Nakita
ko kung ano ang lumitaw sa isang dagat ng salamin na
hinaluan ng apoy, at sa tabi ng dagat nakatayo ang mga
matagumpay laban sa halimaw at kaniyang imahe, at laban
sa bilang ng kumakatawan sa kaniyang pangalan. Hawak
nila ang mga alpa na Ibinigay sa kanila ng Diyos. 3 Inaawit
nila ang awit ni Moises, ang lingkod ng Diyos, at ang awit ng
Kordero: “Dakila at kamangha-mangha ang iyong mga gawa,
Panginoong Diyos, siya na naghahari sa lahat. Matuwid at
tunay ang iyong mga gawa, Hari ng mga bansa. 4 Sino ang
hindi matatakot sa iyo, Panginoon, at luluwalhatiin ang iyong
pangalan? Dahil ikaw lamang ang banal. Lahat ng mga
bansa ay pupunta at sasamba sa iyong harapan dahil ang
iyong mga gawang matuwid ay naihayag. 5 Pagkatapos
ng mga bagay na ito, tumingin ako, at ang pinakabanal na
lugar, kung saan ang tolda ng mga saksi, ay bumukas sa
langit. 6 Mula sa pinaka banal na lugar, lumabas ang pitong
anghel na may pitong salot, dinamitan ng dalisay, maliwanag
na lino at may mga gintong laso ang nakapalibot sa kanilang
mga dibdib. 7 Isa sa apat na buhay na nilalang ay nagbigay
sa pitong anghel ng pitong gintong mangkok na puno ng
poot ng Diyos na nabubuhay magpakailan pa man. **(aiōn
g165)** 8 Puno ng usok ang pinakabanal na lugar mula sa
kalulwalhatian ng Diyos at mula sa kanIyang kapangyarihan.
Walang sinUman ang makakapasok doon hanggang ang
pitong salot ng pitong anghel ay tapos na.

**16** Narinig ko ang isang malakas na tinig na sumisigaw
mula sa dakong kabanal-banalan at sinasabi sa pitong
anghel, “Lumakad kayo at ibuhos ninyo sa lupa ang pitong
mangkok ng poot ng Diyos.” 2 Ang unang anghel ay
pumunta at ibinuhos ang kaniyang mangkok sa lupa; pangit
at masasakit na sugat ang dumating sa mga tao na may
tatak ng halimaw, silang mga sumamba sa kaniyang imahe.
3 Ang ikalawang anghel ay ibinuhos ang kaniyang mangkok
sa dagat; ito ay naging tulad ng dugo ng isang patay na tao,
at bawat buhay na nilalang sa dagat ay namatay. 4 Ang
ikatlong anghel ay ibinuhos ang kaniyang mangkok sa mga
ilog at mga bukal ng tubig; ang mga ito ay naging dugo.
5 Narinig ko ang sinabi ng anghel ng mga tubig, “Ikaw ay
makatarungan— ang siya ngayon at ang siya nakaraan,
ang Banal — dahil ikaw ang nagdala ng mga hatol na ito. 6
Dahil ibinuhos nila ang dugo ng mga mananampalataya
at mga propeta, binigyan mo sila ng dugo para inumin; ito
ang nararapat sa kanila.” 7 Narinig kong sumagot ang altar,
“Oo, Panginoong Diyos, siyang namumuno sa lahat, ang
iyong mga hatol ay totoo at makatarungan.” 8 Ang ika-apat
na anghel ay ibinuhos ang kaniyang mangkok sa araw, at
binigyan ito ng pahintulot na tupukin ng apoy ang mga tao. 9
Pinaso sila ng mantinding init, kaya nilapastangan nila ang
pangalan ng Diyos, siya na may kapangyarihan sa mga salot
na ito. Hindi sila nagsisi o nagbigay ng kaluwalhatian sa
kaniya. 10 Ang ika-limang anghel ay ibinuhos ang kaniyang
mangkok sa trono ng halimaw, at nabalot ng kadiliman ang
kaniyang kaharian. Nginatngat nila ang kanilang mga dila sa
dalamhati. 11 Nilapastangan nila ang Diyos ng langit dahil

sa kanilang mga sakit at mga sugat, pero tumanggi pa rin
silang magsisi sa kanilang mga ginawa. **12** Ang ika-anim na
anghel ay ibinuhos ang kaniyang mangkok sa malaking ilog,
ang Eufrates, at ang tubig nito ay natuyo para maihanda
ang daan para sa mga hari na nanggagaling sa silangan.
**13** Nakita ko ang tatlong maruruming mga espiritu na tulad
ng mga palaka na lumalabas mula sa bibig ng dragon,
ng halimaw, at ng bulaang propeta. **14** Dahil sila ay mga
espiritu ng demonyo na gumagawa ng mga kamangha-
manghang tanda. Pupunta sila para tipunin ang mga hari ng
buong mundo para sa digmaan sa dakilang araw ng Diyos,
siya na namumuno sa lahat. **15** (“Bantayan mo! Darating
ako na parang isang magnanakaw! Pinagpala ang siyang
nananatiling nagmamatyag, pinapanatiling suot ang kaniyang
mga damit para hindi sila lumabas ng hubad at makita
nila ang kaniyang nakakahiyang kalagayan.”) **16** Sama-
sama silang dinala sa lugar na tinatawag na Armagedon
sa Hebreo. **17** Ang ika-pitong anghel ay ibinuhos ang
kaniyang mangkok sa hangin. At may isang malakas na
tinig na nanggaling sa dakong kabanal-banalan at mula sa
trono, sinasabing, “Ito ay tapos na!” **18** May mga kislap ng
kidlat, mga dagundong, mga salpukan ng kulog, at isang
nakakatakot na lindol — isang lindol na mas malakas pa
kaysa sa kahit anong nangyari simula pa noong manirahan
ang mga tao sa mundo, lubhang napakalakas ng lindol na
ito. **19** Ang tanyag na lungsod ay nahati sa tatlong bahagi, at
ang mga lungsod ng mga bansa ay gumuho. Pagkatapos
naalala ng Diyos ang tanyag na Babyblonia, at binigyan ang
lungsod ng kopa na puno ng alak gawa mula sa kaniyang
matinding poot. **20** Naglaho ang bawat pulo at ang mga
bundok ay hindi na natagpuan. **21** Malakas na pag-ulan ng
yelo, na mayroong bigat na isang talento, bumagsak ito mula
sa himpapawid patungo sa mga tao, at sinumpa nila ang
Diyos dahil sa salot ng pag-ulan ng mga yelo dahil ang salot
ay sobrang nakakatakot.

**17** Dumating ang isa sa pitong anghel na mayroong pitong
mangkok at sinabi sa akin, “Halika, ipapakita ko sa iyo
ang kaparusahan ng pinakamasamang babae na nakaupo
sa ibabaw ng maraming tubig, **2** na nakasama ng mga
hari ng mundo sa paggawa ng sekswal na imoralidad, at
sa kaniyang sekswal na imoralidad ang mga naninirahan
sa mundo ay nalasing. **3** Dinala ako ng anghel sa Espiritu
sa isang ilang, at nakita ko ang babaeng nakaupo sa
pulang halimaw na puno ng paglalapastangan sa mga
pangalan. Ang halimaw ay may pitong ulo at sampung
sungay. **4** Nakasuot ng kulay lila at matingkad na pulang
damit at pinaganda ng ginto, mamahaling mga bato, at
mga perlas. Sa kaniyang kamay hawak niya ang gintong
baso na puno ng kasuklam-suklam na mga bagay at ang
mga karumihan ng kaniyang sekswal na imoralidad. **5** Sa
kaniyang noo nakasulat ang isang pangalan na mayroong
lihim na kahulugan: “ANG DAKILANG BABYLONIA, ANG
INA NG LAHAT NG MGA MASASAMANG BABAE AT NANG
KASUKLAM-SUKLAM NA MGA BAGAY SA LUPA.” **6** Nakita
ko ang babae na lasing sa dugo ng mga mananampalataya
at sa dugo ng mga martir kay Jesus. Nang makita ko siya,
labis akong namangha. **7** Pero sinabi sa akin ng anghel,
“Bakit ka namangha? Ipapaliwanag ko sa iyo ang kahulugan
ng babae at ng halimaw na pumapasan sa kaniya (ang
halimaw na mayroong pitong ulo at sampung sungay).
**8** Ang nakita mong halimaw, ay hindi pa nabubuhay sa
ngayon, pero malapit nang umahon mula sa kailaliman
hukay. At pupunta siya para manira. Sa mga naninirahan
sa lupa, silang mga hindi naisulat ang kanilang pangalan
sa aklat ng buhay simula pa noong itinatag ang mundo
— mamamangha sila kapag nakita nila na nabuhay ang
halimaw, na hindi pa nabubuhay ngayon, pero malapit nang
dumating. **(Abyssos g12)** **9** Nagpapaalala ito sa kaisipang
may karunungan. Ang pitong ulo ay pitong burol na kung
saan ang babae ay nakaupo. **10** Sila rin ang pitong hari.
Limang haring ang bumagsak, isa ang nanatili, at ang isa
ay hindi pa dumarating; kapag siya ay dumating, sandali
lamang siyang mananatili. **11** Ang halimaw na nabuhay,
pero hindi pa nabubuhay ngayon, ay siya rin ang ika-walong
hari; pero isa rin siya sa kanilang pitong hari, at siya ay
mapupunta sa pagkawasak. **12** Ang sampung sungay na
nakita mo ay sampung hari na hindi pa nakakatanggap ng
kaharian, pero sila ay makakatanggap ng pamumuno bilang
mga hari sa isang oras kasama ang halimaw. **13** Ang mga
ito ay nagkakaisa sa isip, at ibinibigay nila ang kanilang
kapangyarihan at kapamahalaan sa halimaw. **14** Makikipag-
digma sila laban sa Kordero. Pero lulupigin sila ng Kordero
dahil siya ay Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga
hari — at kasama niya ang mga tinawag, ang mga pinili, ang
mga matapat.” **15** Sinabi sa akin ng anghel, “Ang mga tubig
na nakita mo, kung saan nakaupo ang bayarang babae,
ay bayan, maraming tao, mga bansa, at mga wika. **16** Ang
sampung sungay na nakita mo — sila at ang halimaw ay
masusuklam sa bayarang babae. Gagawin nila siyang ulila
at hubad, lalamunin nila ang kaniyang laman, at siya ay
susunugin nila ng buo sa apoy. **17** Dahil inilagay ito ng Diyos
sa kanilang mga puso para tuparin ang kaniyang layunin
sa pamamagitan ng pagsang-ayon na ibigay ang kanilang
kapangyarihan sa halimaw hanggang sa matupad ang mga
salita ng Diyos. **18** Ang babaeng nakita mo ay ang dakilang
lungsod na namumuno sa mga hari ng mundo.

**18** Pagkatapos ng mga ito nakita ko ang isang
anghel na bumababa mula sa langit. Siya ay may

dakilang kapangyarihan, at ang daigdig ay tumatanglaw
sa pamamagitan ng kaniyang kaluwalhatian. 2 Sumigaw
siya nang may malakas na tinig sinasabing, "Bumagsak!
Bumagsak ang dakilang Babilonia!" Siya ay naging tirahan
ng mga demonyo, tirahan para sa bawat maruming espiritu at
tirahan para sa bawat marumi at kasuklam-suklam na ibon.
3 Dahil ang lahat ng bansa ay uminom ng alak ng pagnanasa
ng kaniyang sekswal na imoralidad na nagdulot sa kaniya
ng poot. Ang mga hari ng mundo ay gumawa ng sekswal na
imoralidad kasama niya. Ang mga mangangalakal sa mundo
ay naging mayaman sa pamamagitan ng kapangyarihan ng
marangya niyang pamumuhay. 4 Pagkatapos, narinig ko ang
isa pang tinig, mula sa langit na sinasabi, "Lumabas kayo
mula sa kaniya, aking bayan, para hindi kayo makibahagi
sa kaniyang mga kasalanan, at para hindi ninyo tanggapin
ang anumang sa kaniyang mga salot. 5 Ang kaniyang
mga kasalanan ay patung-patong hanggang sa langit, at
inalala ng Diyos ang kaniyang mga masasamang gawain.
6 Bayaran mo siya katulad ng pagbabayad niya sa iba at
bayaran mo siya ng dalawang ulit, dahil sa kaniyang ginawa,
sa kaniyang paghalo sa kopa, paghaluin ng dalawang ulit
ang bayad para sa kaniya. 7 Gaya ng pagluwalhati niya sa
kaniyang sarili, at namuhay sa karangyaan, bigyan mo siya
ng higit sa katumbas na pagdurusa at pagdadalamhati. Dahil
sinabi niya sa kaniyang puso, "Ako ay nakaupong tulad ng
isang reyna; hindi ako balo, at hindi kailanman makikita
ang kalungkutan. 8 Kaya isang araw ay dadaanan siya ng
kaniyang sariling mga salot: kamatayan, kalungkutan at
kagutuman. Siya ay tutupukin ng apoy, dahil ang Panginoong
Diyos ay makapangyarihan, at siya ang kaniyang hukom. 9
Ang mga hari ng mundo na nakagawa ng mga sekswal na
imoralidad at hindi nakapagpigil kasama niya ay tatangis
at mananaghoy sa kaniya kapag nakita nila ang usok ng
kaniyang pagkakasunog. 10 Tatayo sila sa malayo, takot sa
kaniyang paghihirap, sinasabing, "Kaawa-awa, kaawa-awa
sa dakilang lungsod, sa Babilonia, ang makapangyarihang
lungsod! Dahil ang i sa loob ng isang oras ang iyong
kaparusahan ay darating. 11 Ang mga mangangalakal ng
mundo ay tatangis at magluluksa para sa kaniya, dahil walang
sinuman ang bibili ng kaniyang mga kalakal kailanman- 12
mga kagamitang ginto, pilak, at mamahaling hiyas, mga
perlas, pinong lino, lila, seda, telang pula at lahat ng uri
ng mabangong kahoy, bawat sisidlang yari sa pangil ng
elepante, bawat sisidlang yari sa mamahaling kahoy, ginto,
tanso, bakal at marmol, 13 sinamon, pampalasa, insenso,
mira at kamangyan, alak, langis, pinong harina, trigo, baka,
at tupa, mga kabayo at karwahe, mga alipin at mga kaluluwa
ng tao. 14 Ang bunga na iyong hinahangad nang buong
lakas mo ay nawala mula sa iyo. Lahat ng iyong karangyaan
at kaningningan ay naglaho, at hindi na kailanman muling
masusumpungan. 15 Ang mga mangangalakal ng mga
bilihing ito na naging mayaman sa pamamagitan niya ay
tatayong malayo mula sa kaniya sa kalayuan dahil sa
takot ng kaniyang paghihirap, pagtatangis at malakas na
pagpipighati. 16 Sasabihin nila, "Kaawa-awa, kaawa-awa
sa dakilang lungsod na nadadamitan ng pinong lino, ng
lila at telang pula at pagpapaganda ng ginto, mamahaling
hiyas at mga perlas!" 17 Sa loob ng isang oras ang lahat
ng kayamanan ay nasayang. Ang bawat kapitan ng barko,
bawat mandaragat, mga manlalayag, at silang lahat na ang
nabubuhay ay mula sa dagat, ay nakatayo sa kalayuan.
18 Sisigaw sila habang nakikita nila ang usok ng kaniyang
pagkakasunog. Sinabi nila, "Anong lungsod ang tulad ng
dakilang lungsod?" 19 Nagsaboy sila ng alikabok sa kanilang
mga ulo, at sumigaw, nananangis, at nananaghoy. "Kaawa-
awa, kaawa-awa ang dakilang lungsod kung saan lahat
ng kanilang mga barko sa dagat ay yayaman mula sa
kaniyang kayamanan. Dahil sa loob ng isang oras siya ay
winasak." 20 "Magalak kayo sa kaniya, kalangitan, kayong
mga mananampalataya, mga apostol at mga propeta, dahil
dinala ng Diyos ang inyong hatol sa kaniya!" 21 Isang
makapangyarihang anghel ang kumuha ng isang bato tulad
ng isang malaking gilingang bato at itinapon ito sa dagat,
sinasabing, "Sa ganitong paraan ang dakilang lungsod ng
Babilonia, ay itatapon pababa nang may karahasan at hindi
na makikita kailanman. 22 Ang tunog ng manunugtog ng
alpa, mga musiko, manunugtog ng plauta at mga trumpeta
ay hindi na maririnig sa inyo kailanman. Walang anumang
uri ng manggagawa ang matatagpuan sa inyo. Walang
tunog ng gilingan ang maririnig sa inyo kailanman. 23 Ang
ilaw ng ilawan ay hindi na magliliwanag sa inyo kailanman.
Ang mga tinig ng lalaking ikakasal at babaing ikakasal ay
hindi na ninyo maririnig kailanman, dahil ang inyong mga
mangangalakal ay ang mga prinsipe ng mundo at ang mga
bansa ay nilinlang sa pamamagitan ng inyong pangkukulam.
24 Sa kaniya natagpuan ang dugo ng mga propeta at ng mga
mananampalataya, at ang dugo ng lahat ng mga pinatay sa
lupa.

**19** Pagkatapos ng mga bagay na ito narinig ko ang tunog
tulad ng isang malakas na tinig ng malaking bilang
ng mga tao sa langit na sinasabing, "Aleluya. Kaligtasan,
kaluwalhatian, at kapangyarihan ay kabilang para sa ating
Diyos. 2 Ang kaniyang hatol totoo at makatarungan, dahil
hinatulan niya ang pinakamasamang babae na siyang
nagpasama sa lupa, ng kaniyang sekswal na imoralidad.
Naghihiganti siya para sa dugo ng kaniyang mga lingkod,
na tinigis mismo niya." 3 Nagsalita sila sa ikalawang
pagkakataon, "Aleluya! Umaangat ang usok mula sa kaniya

magpakailan pa man.” (aiōn g165) 4 Ang dalawamput-apat na
nakatatanda at apat na buhay na nilalang ay nagpatirapa sa
kanilang sarili at sumamba sa Diyos na siyang nakaupo sa
trono. Sinasabi nila, “Amen. Aleluya!” 5 Pagkatapos lumabas
ang isang tinig mula sa trono, na sinasabing, “Purihin
ang ating Diyos, kayong lahat na kaniyang mga lingkod,
kayo na may takot sa kaniya, kapwa hindi mahahalaga at
ang malalakas.” 6 Pagkatapos narinig ko ang tunog na
tulad ng tinig ng isang malaking bilang ng mga tao, tulad
ng dagundong ng maraming tubig, katulad ng malakas
na salpukan ng kulog, sinasabing, “Aleluya! Dahil ang
Panginoon, ang ating Diyos, ang namumuno ng lahat, siya
ay maghahari. 7 Magalak tayo at maging napakasaya at
bigyan siya ng kaluwalhatian dahil ang pagdiriwang ng
kasalan ng Kordero ay darating, at ang babaing kaniyang
papakasalan ay inihanda ang kaniyang sarili. 8 Siya ay
pinahintulutang magsuot ng maliwanag at malinis na pinong
lino (dahil ang pinong lino ay mga gawaing matutuwid ng
mga mananampalataya). 9 Sinabi sa akin ng anghel, “Isulat
mo ito: Pinagpala ang mga inanyayahan sa pagdiriwang ng
kasalan sa Kordero.” Sinabi rin niya sa akin, “Ito ang tunay
na mga salita ng Diyos. 10 Ipapatirapa ko ang aking sarili sa
kaniyang paanan para sambahin siya, pero sinabi niya sa
akin, “Huwag mong gawin iyan!” Ako ay kapwa lingkod na
kasama mo, at ng iyong mga kapatid na pinanghahawakan
ang patotoo tungkol kay Jesus. Sambahin ang Diyos, dahil
ang patotoo tungkol kay Jesus ay ang espiritu ng propesiya.
11 Pagkatapos nakita ko ang langit na bumukas, at nakita
ko roon ang isang puting kabayo. Ang nakasakay dito
ay tinatawag na Tapat at Totoo. Humahatol siya ng may
katuwiran at nakikipagdigma siya. 12 Ang kaniyang mga
mata ay parang nagniningas na apoy, at sa kaniyang ulo
ay maraming mga korona. Mayroon siyang pangalan na
nakasulat sa kaniya na walang ibang nakakaalam kundi ang
kaniyang sarili. 13 Nakasuot siya ng balabal na nilublob sa
dugo at ang kaniyang pangalan ay Ang Salita ng Diyos.
14 Ang hukbo ng kalangitan ay sumusunod sa nakasakay
sa puting kabayo, na nakadamit ng pinong lino, maputi
at malinis. 15 Mula sa kaniyang bibig lumabas ang isang
matalim na espada na ipinanghahampas niya sa mga bansa,
at pamumunuan niya sila ng pamalong bakal. Pag-aapakan
niya ang tindi ng galit sa poot ng Diyos, na namumuno sa
lahat. 16 Sinulatan niya ang kaniyang balabal at sa kaniyang
hita ng pangalang: HARI NG MGA HARI AT PANGINOON
NG MGA PANGINOON. 17 Nakita ko ang isang anghel
na nakatayo sa araw. Tinawag niya nang may malakas
na tinig ang lahat na mga ibong lumilipad sa ibabaw ng
kaniyang ulo. “Halikayo sama-samang magtipon para sa
dakilang hapunan ng Diyos. 18 Halikayo kainin ang laman
ng mga hari, ang laman ng pinuno ng hukbo, ang laman
ng mga magigiting na lalaki, ang laman ng mga kabayo at
kanilang mga mangangabayo, at ang laman ng lahat ng mga
tao, kapwa malaya at alipin, ang hindi mahahalaga at ang
makapangyarihan.” 19 Nakita ko ang halimaw at ang mga
hari ng mundo kasama ang kanilang mga hukbo. Humahanay
sila para makipagdigmaan sa kaniya na nakasakay sa
kabayo kasama ng kaniyang hukbo. 20 Nabihag ang halimaw
at kasama niya ang bulaang propeta na gumawa ng mga
tanda sa kaniyang presensya. Gamit ang mga tandang ito
nilinlang niya ang mga tumanggap ng tanda ng halimaw
at silang sumamba sa kaniyang imahe. Ang dalawa sa
kanila ay inihagis nang buhay sa dagat-dagatang apoy ng
nasusunog na asupre. (Limnē Pyr g3041 g4442) 21 Ang natitira
sa kanila ay pinatay gamit ang espada na lumabas mula sa
bibig ng siyang nakasakay sa kabayo. Kinain ng lahat ng
ibon ang kanilang patay na laman.


20 Pagkatapos nakita ko ang isang anghel na bumababa
mula sa langit, mayroong susi sa kailaliman ng hukay
at mayroong malaking tanikala sa kaniyang kamay. (Abyssos
g12) 2 Sinukal niya ang dragon, ang dating ahas, na siyang
demonyo, o Satanas, at ginapos siya nang isang libong
taon. 3 Tinapon siya sa kailaliman ng hukay, ikinulong
siya rito at sinelyuhan ang ibabaw nito. Para hindi na ito
makapanglinlang kailanman ng mga bansa hanggang sa
ang isang libong taon ang lumipas. Pagkatapos niyon, dapat
siyang maging malaya ng maikling panahon. (Abyssos g12) 4
Pagkatapos nakita ko ang mga trono. Ang mga binigyan ng
kapangyarihang humatol ang nakaupo sa mga ito. Nakita ko
rin ang mga kaluluwa ng mga pinugutan ng ulo dahil sa
patotoo tungkol kay Cristo at sa salita ng Diyos. Hindi sila
sumamba sa halimaw o sa kaniyang imahe, at tumanggi
silang tanggapin ang tatak sa kanilang mga noo at kamay.
Nabuhay silang muli, at naghari kasama ni Cristo ng isang
libong taon. 5 Ang ibang mga namatay ay hindi na nabuhay
muli hanggang sa matapos ang isang libong taon. Ito ang
unang pagkabuhay. 6 Pinagpala at banal ang sinuman na
makibahagi sa unang muling pagkabuhay! Ang pangalawang
kamatayan ay walang kapangyarihan na tulad ng mga ito.
Sila ay magiging mga pari ng Diyos at sila ay maghahari
kasama niya sa loob ng isang libong taon. 7 Kapag natapos
na ang libong mga taon, palalayain si Satanas mula sa
kaniyang bilangguan. 8 Siya ay lalabas para manlinlang ng
mga bansa sa apat na sulok ng mundo — Gog at Magog
— para tipunin sila para sa digmaan. Sila ay magiging
kasing dami ng buhangin sa dagat. 9 Umakyat sila pataas
sa malawak na patag ng lupa at pinalibutan ang kampo ng
mga mananampalataya, ang minamahal na lungsod. Pero
bumaba ang apoy mula sa langit at nilamon sila. 10 Ang

demonyo, na siyang nanlinlang sa kanila, ay itinapon sa
lawa ng nasusunog na asupre, kung saan ang halimaw at
ang mga bulaang propeta ay itinapon. Sila ay pahihirapan
umaga at gabi magpakailan pa man. **(aiōn g165, Limnē Pyr g3041
g4442)** **11** Pagkatapos nakita ko ang dakilang puting trono at
ang siyang nakaupo roon. Ang lupa at ang langit ay lumayo
mula sa kaniyang presensya, pero wala na silang lugar na
mapupuntahan. **12** Nakita ang mga patay — ang magigiting
at ang hindi mahahalaga — nakatayo sa harap ng trono, at
binuksan ang mga aklat. Pagkatapos isa pang aklat ang
binuksan — Ang aklat ng Buhay. Ang patay ay hinatulan
sa pamamagitan ng itinala sa mga aklat, ang kinalabasan
ng kanilang ginawa. **13** Ibinigay ng dagat ang mga patay
na naroroon. Ibinigay ng kamatayan at ng hades ang mga
patay na nasa kanila, at hinatulan ang mga patay ayon sa
kanilang ginawa. **(Hadēs g86)** **14** Ang kamatayan at ang hades
ay itinapon sa lawa ng apoy. Ito ang ikalawang kamatayan —
Ang lawa ng apoy. **(Hadēs g86, Limnē Pyr g3041 g4442)** **15** Kung
kaninong pangalan ang hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay,
siya ay itatapon sa lawa ng apoy. **(Limnē Pyr g3041 g4442)**

**21** Pagkatapos nakita ko ang isang bagong langit at
isang bagong mundo, dahil ang unang langit at unang
mundo ay lumipas na, at ang dagat ay wala na. **2** Nakita
ko ang banal na lungsod, ang bagong Jerusalem, na
bumamababa mula sa langit mula sa Diyos, inihanda tulad
ng isang babaeng ikakasal na pinaganda para sa kaniyang
asawa. **3** Narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa
trono sinasabing: "Tingnan mo! Ang tirahan ng Diyos ay
kasama ng mga tao, at siya ay naninirahan kasama nila.
Sila ay magiging kaniyang bayan, at ang Diyos mismo ay
makakasama nila at siya ay magiging kanilang Diyos. **4**
Papahirin niya ang bawat luha mula sa kanilang mga mata,
wala nang kamatayan, o pagdadalamhati, o pag-iyak, o
sakit. Ang naunang mga bagay ay lumipas na. **5** Siya na
nakaupo sa trono ay sinabing, "Tingnan mo! Ginawa kong
bago ang lahat ng mga bagay." Sinabi niya, "Isulat mo ito
dahil ang mga salitang ito ay mapagkakatiwalaan at totoo. **6**
Sinabi niya sa akin, "Ang mga bagay ng ito ay tapos na,
Ako ang Alpa at ang Omega, ang simula at ang katapusan.
Sa sinumang nauuhaw ay bibigyan ko ng inuming walang
bayad mula sa bukal ng tubig ng buhay. **7** Ang isa na
manlulupig ay magmamana ng mga bagay na ito, at ako ay
magiging kaniyang Diyos, at siya ay magiging anak ko. **8**
Pero para sa mga duwag, sa walang pananampalataya,
sa mga kasuklam-suklam, sa mga mamamatay-tao, sa
mga sekswal na imoralidad, sa mga mangkukulam, mga
sumasamba sa diyus-diyosan, at sa mga sinungaling, ang
kanilang lugar ay sa dagat-dagatang apoy ng nagniningas
na asupre. Na siyang ikalawang kamatayan. **(Limnē Pyr g3041
g4442)** **9** Lumapit sa akin ang isa sa pitong mga anghel,
siyang may hawak ng pitong mangkok na puno ng pitong
huling mga salot, at sinabi, "Halika rito. Ipakikita ko sa iyo ang
babaeng ikakasal, ang asawa ng Kordero." **10** Pagkatapos
dinala niya ako sa Espiritu sa isang malaki at mataas na
bundok at ipinakita niya sa akin ang banal na lungsod, ang
Jerusalem, na bumababa mula sa langit mula sa Diyos. **11**
Mayroong kaluwalhatian ng Diyos ang Jerusalem, at ang
kaningningan nito ay tulad ng isang pinakamamahaling
hiyas, tulad ng isang batong kristal na malinaw na jaspe. **12**
Mayroon itong isang kadakilaan, mataas na pader na may
labingdalawang tarangkahan, na may labingdalawang anghel
sa mga tarangkahan. Nakasulat sa mga tarangkahan ang
mga pangalan ng labingdalawang lipi ng mga anak ng Israel.
**13** Sa silangan ay may tatlong tarangkahan, sa hilaga ay may
tatlong tarangkahan, sa timog ay may tatlong tarangkahan,
sa kanluran ay may tatlong tarangkahan. **14** Ang pader ng
lungsod ay may labingdalawang pundasyon, at doon ay
may labingdalawang pangalan ng labindalawang apostol ng
Kordero. **15** Ang siyang nagsalita sa akin ay may tungkod
na panukat na gawa sa ginto para sukatin ang lungsod,
ang mga tarangkahan at pader nito. **16** Ang pagkakatayo
ng lungsod ay parisukat; magkatulad ang haba at ang
lawak nito. Sinukat niya ang lungsod gamit ang tungkod
na panukat, ang haba nito ay 12, 000 na mga estadio
(ang haba, ang lawak, at ang taas ay magkakapareho). **17**
Sinukat din niya ang pader nito, 144 na kubit ang kapal sa
panukat ng tao (na ganoon din sa panukat ng anghel). **18**
Ang pader ay itinayo sa jaspe, at ang lungsod sa purong
ginto, tulad ng malinaw na salamin. **19** Ang pundasyon ng
pader ay pinaganda ng iba't ibang uri ng mamahaling bato.
Ang una ay jaspe, ang ikalawa ay safiro, ang ikatlo ay agate,
ang ikaapat ay esmeralda, **20** ang ikalima ay oniks, ang
ikaanim ay kornalina, ang ikapito ay krisolito, ang ikawalo ay
berilo, ang ikasiyam topaz, ang ikasampu ay krisopraso, ang
ikalabing-isa ay jacinto, at ang ikalabingdalawa ay amatista.
**21** Ang labing dalawang tarangkahan ay labing dalawang
perlas, ang bawat tarangkahan ay mula sa iisang perlas.
Ang mga lansangan ng lungsod ay purong ginto, gaya ng
malinaw na salamin. **22** Wala akong nakitang templo sa
lungsod, dahil ang Panginoong Diyos, na siyang namumuno
sa lahat, at ang Kordero ang kanilang templo. **23** Hindi na
kailangan ng lungsod ang araw o ang buwan para liwanagan
ito dahil ang kaluwalhatian ng Diyos ang nagliliwanag dito,
at ang kaniyang ilawan ay ang Kordero. **24** Ang mga bansa
ay maglalakad sa pamamagitan ng ilaw ng lungsod na
iyon. Dadalahin ng mga hari ng mundo ang karangyaan
nila dito. **25** Hindi isasara ang tarangkahan nito sa araw, at
hindi na magkakaroon ng gabi dito. **26** Dadalhin nila ang

karangyaan at ang karangalan ng mga bansa dito, 27 at
walang marurumi ang maaaring makapasok dito. Maging ang
sinumang gumagawa ng anumang kahihiyan o panlilinlang
ang makakapasok, pero ang mga nakasulat lamang ang
pangalan sa aklat ng buhay ng Kordero.

22 Pagkatapos ipinakita sa akin ng anghel ang ilog ng
tubig ng buhay, ang tubig ay kasing linaw ng kristal.
Dumadaloy ito mula sa trono ng Diyos at ng Kordero, 2
sa gitna ng lansangan ng lungsod. Sa magkabilang tabi
ng ilog ay naroon ang puno ng buhay na nagbubunga
ng labingdalawang uri ng prutas, at sa bawat buwan ay
namumunga ito. Ang mga dahon ng puno ay para mapagaling
ang bansa. 3 Wala na kahit anumang sumpa. Ang trono
ng Diyos at ng Kordero ay matatagpuan sa lungsod at
paglilingkuran siya ng kaniyang mga lingkod. 4 Makikita nila
ang kaniyang mukha at ang kaniyang pangalan ay malalagay
sa kanilang mga noo. 5 Wala nang magiging gabi, hindi na
sila mangangailangan ng liwanag ng ilawan o sikat ng araw
dahil ang Panginoong Diyos ang magliliwanag sa kanila.
Maghahari sila magpakailan pa man. **(aiōn g165)** 6 Sinabi sa
akin ng anghel, "Ang mga salitang ito ay mapagkakatiwalaan
at totoo. Ang Panginoon, ang Diyos ng mga espiritu ng
mga propeta, ay ipinadala ang kaniyang anghel para ipakita
sa kaniyang mga lingkod ang mga bagay na malapit ng
maganap." 7 "Tingnan mo! Malapit na akong dumating.
Pinagpala ang siyang sumusunod sa mga salita ng propesiya
ng aklat na ito." 8 Ako, si Juan, ang siyang nakarinig at
nakakita ng mga bagay na ito. Nang aking makita at narinig
sila, ipinatirapa ko ang aking sarili sa paanan ng anghel
para sambahin siya, ang anghel na nagpakita sa akin ng
mga bagay na ito. 9 Sinabi niya sa akin, "Huwag mong
gawin iyan!" Ako ay tulad mo ring lingkod na kasama mo,
kasama ng iyong mga kapatid na mga propeta, at kasama
ng mga sumusunod sa mga salita ng aklat na ito. Sambahin
ang Diyos!" 10 Sinabi niya sa akin, "Huwag mong selyuhan
ang mga salita ng propesiya ng aklat na ito, dahil ang oras
ay malapit na. 11 Siya na hindi matuwid, hayaan siyang
magpatuloy na gawin ang hindi matuwid. Siya na marumi
ang moralidad, hayaan siyang magpatuloy sa pagiging
marumi ang moralidad. Siya na matuwid, hayaan siyang
magpatuloy na gumawa ng matuwid. Siya na banal, hayaan
siya na magpatuloy na maging banal. 12 Tingnan mo!
Malapit na akong dumating. Ang aking gantimpala ay nasa
akin, para gantihan ang bawat isa ayon sa anuman na
kaniyang ginawa. 13 Ako ang Alpa at ang Omega, ang Una
at ang Huli, ang Simula at ang Katapusan. 14 Pinagpala ang
mga naglilinis ng kanilang mga balabal kaya magkakaroon
sila ng karapatan para makakain nang mula sa puno ng
buhay at para makapasok sa lungsod sa pamamagitan
ng mga tarangkahan. 15 Nasa labas ang mga aso, ang
mga mangkukulam, ang sekswal na imoralidad, ang mga
mamamatay tao, ang mga sumasamba sa mga diyus-
diyosan, at ang lahat ng nagmamahal at gumagawa ng
kasinungalingan. 16 Ako, si Jesus, ipinadala ko ang aking
anghel para magpatotoo sa inyo tungkol sa mga bagay
para sa mga iglesiya. Ako ang ugat at ang kaapu-apuhan ni
David, ang maningning na Bituin sa Umaga. 17 Sinasabi ng
Espiritu at ng Babaeng ikakasal, "Halika! Hayaang sabihin ng
nakaririnig, "Halika!" Sinuman ang nauuhaw, hayaan siyang
lumapit, at sinuman ang nagnanais nito, hayaan siya na
malayang magkaroon ng tubig ng buhay. 18 Pinatototohanan
ko sa bawat isang nakikinig sa mga salita ng propesiya ng
aklat na ito: Kung sinumang magdagdag sa mga ito, ang
Diyos ang magdadagdag sa kaniya ng mga salot na tulad ng
nakasaad sa aklat na ito. 19 Kung sinuman ang mag-aalis
mula sa mga salita ng aklat na ito ng propesiya, aalisin ng
Diyos ang kaniyang bahagi sa puno ng buhay at sa banal na
lungsod, na nakasulat tungkol sa aklat na ito. 20 Siyang
nagpapatotoo sa mga bagay na ito ay sinasabi, "Oo! Malapit
na akong dumating." Amen! Halika, Panginoong Jesus! 21
Sumainyong nawa lahat ng biyaya ng Panginoong Jesus.
Amen.




*Nakita ko ang banal na lungsod, ang bagong Jerusalem, na bumamababa mula sa langit mula sa Diyos, inihanda tulad ng isang babaeng ikakasal na pinaganda para sa kaniyang asawa. Narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono sinasabing: "Tingnan mo! Ang tirahan ng Diyos ay kasama ng mga tao, at siya ay naninirahan kasama nila. Sila ay magiging kaniyang bayan, at ang Diyos mismo ay makakasama nila at siya ay magiging kanilang Diyos."*

Pahayag 21:2-3

# Gabay sa mga Mambabasa

Tagalog at AionianBible.org/Readers-Guide

The Aionian Bible republishes public domain and Creative Common Bible texts that are 100% free to copy and print. The original translation is unaltered and notes are added to help your study. The notes show the location of eleven special Greek and Hebrew Aionian Glossary words to help us better understand God's love for individuals and for all mankind, and the nature of afterlife destinies.

Who has the authority to interpret the Bible and examine the underlying Hebrew and Greek words? That is a good question! We read in 1 John 2:27, *"As for you, the anointing which you received from him remains in you, and you do not need for anyone to teach you. But as his anointing teaches you concerning all things, and is true, and is no lie, and even as it taught you, you remain in him."* Every Christian is qualified to interpret the Bible! Now that does not mean we will all agree. Each of us is still growing in our understanding of the truth. However, it does mean that there is no infallible human or tradition to answer all our questions. Instead the Holy Spirit helps each of us to know the truth and grow closer to God and each other.

The Bible is a library with 66 books in the Protestant Canon. The best way to learn God's word is to read entire books. Read the book of Genesis. Read the book of John. Read the entire Bible library. Topical studies and cross-referencing can be good. However, the safest way to understand context and meaning is to read whole Bible books. Chapter and verse numbers were added for convenience in the 16th century, but unfortunately they can cause the Bible to seem like an encyclopedia. The Aionian Bible is formatted with simple verse numbering, minimal notes, and no cross-referencing in order to encourage the reading of Bible books.

Bible reading must also begin with prayer. Any Christian is qualified to interpret the Bible with God's help. However, this freedom is also a responsibility because without the Holy Spirit we cannot interpret accurately. We read in 1 Corinthians 2:13-14, *"And we speak of these things, not with words taught by human wisdom, but with those taught by the Spirit, comparing spiritual things with spiritual things. Now the natural person does not receive the things of the Spirit of God, for they are foolishness to him, and he cannot understand them, because they are spiritually discerned."* So we cannot understand in our natural self, but we can with God's help through prayer.

The Holy Spirit is the best writer and he uses literary devices such as introductions, conclusions, paragraphs, and metaphors. He also writes various genres including historical narrative, prose, and poetry. So Bible study must spiritually discern and understand literature. Pray, read, observe, interpret, and apply. Finally, *"Do your best to present yourself approved by God, a worker who does not need to be ashamed, properly handling the word of truth."* 2 Timothy 2:15. *"God has granted to us his precious and exceedingly great promises; that through these you may become partakers of the divine nature, having escaped from the corruption that is in the world by lust. Yes, and for this very cause adding on your part all diligence, in your faith supply moral excellence; and in moral excellence, knowledge; and in knowledge, self-control; and in self-control patience; and in patience godliness; and in godliness brotherly affection; and in brotherly affection, love. For if these things are yours and abound, they make you to be not idle nor unfruitful to the knowledge of our Lord Jesus Christ,"* 2 Peter 1:4-8.

# Glossary

Tagalog at AionianBible.org/Glossary

The Aionian Bible un-translates and instead transliterates eleven special words to help us better understand the extent of God's love for individuals and all mankind, and the nature of afterlife destinies. The original translation is unaltered and a note is added to 64 Old Testament and 200 New Testament verses. Compare the meanings below to the Strong's Concordance and Glossary definitions.

***Abyssos*** g12

*Greek:* proper noun, place

*Usage:* 9 times in 3 books, 6 chapters, and 9 verses

*Meaning:*

Temporary prison for special fallen angels such as Apollyon, the Beast, and Satan.

***aïdios*** g126

*Greek:* adjective

*Usage:* 2 times in Romans 1:20 and Jude 6

*Meaning:*

Lasting, enduring forever, eternal.

***aiōn*** g165

*Greek:* noun

*Usage:* 127 times in 22 books, 75 chapters, and 102 verses

*Meaning:*

A lifetime or time period with a beginning and end, an era, an age, the completion of which is beyond human perception, but known only to God the creator of the aiōns, Hebrews 1:2. Never meaning simple endless or infinite chronological time in Greek usage. Read Dr. Heleen Keizer and Ramelli and Konstan for proofs.

***aiōnios*** g166

*Greek:* adjective

*Usage:* 71 times in 19 books, 44 chapters, and 69 verses

*Meaning:*

From start to finish, pertaining to the age, lifetime, entirety, complete, or even consummate. Never meaning simple endless or infinite chronological time in Koine Greek usage. Read Dr. Heleen Keizer and Ramelli and Konstan for proofs.

***eleēsē*** g1653

*Greek:* verb, aorist tense, active voice, subjunctive mood, 3rd person singular

*Usage:* 1 time in this conjugation, Romans 11:32

*Meaning:*

To have pity on, to show mercy. Typically, the subjunctive mood indicates possiblity, not certainty. However, a subjunctive in a purpose clause is a resulting action as certain as the causal action. The subjunctive in a purpose clause functions as an indicative, not an optative. Thus, the grand conclusion of grace theology in Romans 11:32 must be clarified. God's mercy on all is not a possibility, but a certainty. See ntgreek.org.

***Geenna*** g1067
*Greek:* proper noun, place
*Usage:* 12 times in 4 books, 7 chapters, and 12 verses
*Meaning:*
Valley of Hinnom, Jerusalem's trash dump, a place of ruin, destruction, and judgment in this life, or the next, though not eternal to Jesus' audience.

***Hadēs*** g86
*Greek:* proper noun, place
*Usage:* 11 times in 5 books, 9 chapters, and 11 verses
*Meaning:*
Synonomous with Sheol, though in New Testament usage Hades is the temporal place of punishment for deceased unbelieving mankind, distinct from Paradise for deceased believers.

***Limnē Pyr*** g3041 g4442
*Greek:* proper noun, place
*Usage:* Phrase 5 times in the New Testament
*Meaning:*
Lake of Fire, final punishment for those not named in the Book of Life, prepared for the Devil and his angels, Matthew 25:41.

***Sheol*** h7585
*Hebrew:* proper noun, place
*Usage:* 66 times in 17 books, 50 chapters, and 64 verses
*Meaning:*
The grave or temporal afterlife world of both the righteous and unrighteous, believing and unbelieving, until the general resurrection.

***Tartaroō*** g5020
*Greek:* proper noun, place
*Usage:* 1 time in 2 Peter 2:4
*Meaning:*
Temporary prison for particular fallen angels awaiting final judgment.

# Glossary +

AionianBible.org/Bibles/Tagalog---Tagalog-Bible-Unlocked/Noted

Glossary references are below. Strong's Hebrew and Greek number notes are added to 64 Old Testament and 200 New Testament verses. Questioned verse translations do not contain Aionian Glossary words and may wrongly imply *eternal* or *Hell*. * The note placement is skipped or adjusted for verses with non-standard numbering.

## *Abyssos*

Lucas 8:31
Mga Roma 10:7
Pahayag 9:1
Pahayag 9:2
Pahayag 9:11
Pahayag 11:7
Pahayag 17:8
Pahayag 20:1
Pahayag 20:3

## *aïdios*

Mga Roma 1:20
Judas 1:6

## *aiōn*

Mateo 12:32
Mateo 13:22
Mateo 13:39
Mateo 13:40
Mateo 13:49
Mateo 21:19
Mateo 24:3
Mateo 28:20
Marcos 3:29
Marcos 4:19
Marcos 10:30
Marcos 11:14
Lucas 1:33
Lucas 1:55
Lucas 1:70
Lucas 16:8
Lucas 18:30
Lucas 20:34
Lucas 20:35
Juan 4:14
Juan 6:51
Juan 6:58
Juan 8:35
Juan 8:51
Juan 8:52
Juan 9:32
Juan 10:28
Juan 11:26
Juan 12:34
Juan 13:8
Juan 14:16
Mga Gawa 3:21
Mga Gawa 15:18
Mga Roma 1:25
Mga Roma 9:5
Mga Roma 11:36
Mga Roma 12:2
Mga Roma 16:27
1 Mga Corinto 1:20
1 Mga Corinto 2:6
1 Mga Corinto 2:7
1 Mga Corinto 2:8
1 Mga Corinto 3:18
1 Mga Corinto 8:13
1 Mga Corinto 10:11
2 Mga Corinto 4:4
2 Mga Corinto 9:9
2 Mga Corinto 11:31
Mga Galacia 1:4
Mga Galacia 1:5
Mga Efeso 1:21
Mga Efeso 2:2
Mga Efeso 2:7
Mga Efeso 3:9
Mga Efeso 3:11
Mga Efeso 3:21
Mga Efeso 6:12
Mga Filipos 4:20
Mga Colosas 1:26
1 Timoteo 1:17
1 Timoteo 6:17
2 Timoteo 4:10
2 Timoteo 4:18
Tito 2:12
Mga Hebreo 1:2
Mga Hebreo 1:8
Mga Hebreo 5:6
Mga Hebreo 6:5
Mga Hebreo 6:20
Mga Hebreo 7:17
Mga Hebreo 7:21
Mga Hebreo 7:24
Mga Hebreo 7:28
Mga Hebreo 9:26
Mga Hebreo 11:3
Mga Hebreo 13:8
Mga Hebreo 13:21
1 Pedro 1:23
1 Pedro 1:25
1 Pedro 4:11
1 Pedro 5:11
2 Pedro 3:18
1 Juan 2:17
2 Juan 1:2
Judas 1:13
Judas 1:25
Pahayag 1:6
Pahayag 1:18
Pahayag 4:9
Pahayag 4:10
Pahayag 5:13
Pahayag 7:12
Pahayag 10:6
Pahayag 11:15
Pahayag 14:11
Pahayag 15:7
Pahayag 19:3
Pahayag 20:10
Pahayag 22:5

## *aiōnios*

Mateo 18:8
Mateo 19:16
Mateo 19:29
Mateo 25:41
Mateo 25:46
Marcos 3:29
Marcos 10:17
Marcos 10:30
Lucas 10:25
Lucas 16:9
Lucas 18:18
Lucas 18:30
Juan 3:15
Juan 3:16
Juan 3:36
Juan 4:14
Juan 4:36
Juan 5:24
Juan 5:39
Juan 6:27
Juan 6:40
Juan 6:47
Juan 6:54
Juan 6:68

Juan 10:28
Juan 12:25
Juan 12:50
Juan 17:2
Juan 17:3
Mga Gawa 13:46
Mga Gawa 13:48
Mga Roma 2:7
Mga Roma 5:21
Mga Roma 6:22
Mga Roma 6:23
Mga Roma 16:25
Mga Roma 16:26
2 Mga Corinto 4:17
2 Mga Corinto 4:18
2 Mga Corinto 5:1
Mga Galacia 6:8
2 Mga Tesalonica 1:9
2 Mga Tesalonica 2:16
1 Timoteo 1:16
1 Timoteo 6:12
1 Timoteo 6:16
2 Timoteo 1:9
2 Timoteo 2:10
Tito 1:2
Tito 3:7
Filemon 1:15
Mga Hebreo 5:9
Mga Hebreo 6:2
Mga Hebreo 9:12
Mga Hebreo 9:14
Mga Hebreo 9:15
Mga Hebreo 13:20
1 Pedro 5:10
2 Pedro 1:11
1 Juan 1:2
1 Juan 2:25
1 Juan 3:15
1 Juan 5:11
1 Juan 5:13
1 Juan 5:20
Judas 1:7
Judas 1:21
Pahayag 14:6

## eleēsē

Mga Roma 11:32

## Geenna

Mateo 5:22
Mateo 5:29
Mateo 5:30
Mateo 10:28
Mateo 18:9
Mateo 23:15
Mateo 23:33
Marcos 9:43
Marcos 9:45
Marcos 9:47
Lucas 12:5
Santiago 3:6

## Hadēs

Mateo 11:23
Mateo 16:18
Lucas 10:15
Lucas 16:23
Mga Gawa 2:27
Mga Gawa 2:31
1 Mga Corinto 15:55
Pahayag 1:18
Pahayag 6:8
Pahayag 20:13
Pahayag 20:14

## Limnē Pyr

Pahayag 19:20
Pahayag 20:10
Pahayag 20:14
Pahayag 20:15
Pahayag 21:8

## Sheol


Genesis 37:35
Genesis 42:38
Genesis 44:29
Genesis 44:31
Mga Bilang 16:30
Mga Bilang 16:33
Deuteronomio 32:22
1 Samuel 2:6
2 Samuel 22:6
1 Mga Hari 2:6
1 Mga Hari 2:9
Job 7:9
Job 11:8
Job 14:13
Job 17:13
Job 17:16
Job 21:13
Job 24:19
Job 26:6
Mga Awit 6:5
Mga Awit 9:17
Mga Awit 16:10
Mga Awit 18:5
Mga Awit 30:3
Mga Awit 31:17
Mga Awit 49:14
Mga Awit 49:15
Mga Awit 55:15
Mga Awit 86:13
Mga Awit 88:3
Mga Awit 89:48
Mga Awit 116:3
Mga Awit 139:8
Mga Awit 141:7
Mga Kawikaan 1:12
Mga Kawikaan 5:5
Mga Kawikaan 7:27
Mga Kawikaan 9:18
Mga Kawikaan 15:11
Mga Kawikaan 15:24
Mga Kawikaan 23:14
Mga Kawikaan 27:20
Mga Kawikaan 30:16
Mangangaral 9:10
Awit ng mga Awit 8:6
Isaias 5:14
Isaias 7:11
Isaias 14:9
Isaias 14:11
Isaias 14:15
Isaias 28:15
Isaias 28:18
Isaias 38:10
Isaias 38:18
Isaias 57:9
Ezekiel 31:15
Ezekiel 31:16
Ezekiel 31:17
Ezekiel 32:21
Ezekiel 32:27
Hosea 13:14
Amos 9:2
Jonas 2:2
Habacuc 2:5

## Tartaroō


2 Pedro 2:4

## Questioned


None yet noted




*Sa pamamagitan ito ng pananampalataya na si Abraham nang siya ay tinawag, Siya ay sumunod at nagtungo sa lugar na kaniyang tatanggapin bilang isang tagapagmana. Pumunta siya na hindi niya nalalaman kung saan siya tutungo.* - Mga Hebreo 11:8




*Nang pinayagan ni Paraon na umalis ang mga tao, hindi sila pinangunahan ng Diyos sa landas patungo sa lupain ng mga Palestina, kahit pa malapit ang lupain. Dahil sinabi ng Diyos, "Marahil magbabago ang mga tao ng kanilang mga isipan kapag nakaranas sila ng digmaan at pagkatapos babalik sa Ehipto."* - Exodo 13:17




*Sapagkat hindi dumating ang Anak ng Tao upang paglingkuran, ngunit upang maglingkod at upang ibigay ang kaniyang buhay bilang katubusan ng lahat.* - Marcos 10:45




*Ako si Pablo, na isang lingkod ni Jesu-Cristo, tinawag upang maging apostol, at inilaan para sa ebanghelyo ng Diyos.* - Mga Roma 1:1

## Creation 4004 B.C.

| | |
|---|---|
| Adam and Eve created | 4004 |
| Tubal-cain forges metal | 3300 |
| Enoch walks with God | 3017 |
| Methuselah dies at age 969 | 2349 |
| God floods the Earth | 2349 |
| Tower of Babel thwarted | 2247 |
| Abraham sojourns to Canaan | 1922 |
| Jacob moves to Egypt | 1706 |
| Moses leads Exodus from Egypt | 1491 |
| Gideon judges Israel | 1245 |
| Ruth embraces the God of Israel | 1168 |
| David installed as King | 1055 |
| King Solomon builds the Temple | 1018 |
| Elijah defeats Baal's prophets | 896 |
| Jonah preaches to Nineveh | 800 |
| Assyrians conquer Israelites | 721 |
| King Josiah reforms Judah | 630 |
| Babylonians capture Judah | 605 |
| Persians conquer Babylonians | 539 |
| Cyrus frees Jews, rebuilds Temple | 537 |
| Nehemiah rebuilds the wall | 454 |
| Malachi prophecies the Messiah | 416 |
| Greeks conquer Persians | 331 |
| Seleucids conquer Greeks | 312 |
| Hebrew Bible translated to Greek | 250 |
| Maccabees defeat Seleucids | 165 |
| Romans subject Judea | 63 |
| Herod the Great rules Judea | 37 |

(The Annals of the World, James Uusher)

## Jesus Christ born 4 B.C.

## New Heavens and Earth

| | |
|---|---|
| | Christ returns for his people |
| 1956 | Jim Elliot martyrd in Ecuador |
| 1830 | John Williams reaches Polynesia |
| 1731 | Zinzendorf leads Moravian mission |
| 1614 | Japanese kill 40,000 Christians |
| 1572 | Jesuits reach Mexico |
| 1517 | Martin Luther leads Reformation |
| 1455 | Gutenberg prints first Bible |
| 1323 | Franciscans reach Sumatra |
| 1276 | Ramon Llull trains missionaries |
| 1100 | Crusades tarnish the church |
| 1054 | The Great Schism |
| 997 | Adalbert marytyrd in Prussia |
| 864 | Bulgarian Prince Boris converts |
| 716 | Boniface reaches Germany |
| 635 | Alopen reaches China |
| 569 | Longinus reaches Alodia / Sudan |
| 432 | Saint Patrick reaches Ireland |
| 397 | Carthage ratifies Bible Canon |
| 341 | Ulfilas reaches Goth / Romania |
| 325 | Niceae proclaims God is Trinity |
| 250 | Denis reaches Paris, France |
| 197 | Tertullian writes Christian literature |
| 70 | Titus destroys the Jewish Temple |
| 61 | Paul imprisoned in Rome, Italy |
| 52 | Thomas reaches Malabar, India |
| 39 | Peter reaches Gentile Cornelius |
| 33 | Holy Spirit empowers the Church |

(Wikipedia, Timeline of Christian missions)

## Resurrected 33 A.D.

| Where? | | Who? | When? | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | Innocence | | Fallen | | | | Glory | |
| | | | Eternity Past | 4000 BC Creation | Fall to Sin No Law | 1500 BC Moses' Law | Advent of Christ 0-33 AD | Church Age Kingdom Age | Great White Throne | New Heaven and Earth |
| Who? | God | Father | God's Perfect Fellowship John 10:30 | God's Perfect Fellowship with Adam in the Garden of Eden No Fall No Death Gen 1:31 | Living in Unapproachable Light, 1 Timothy 6:16 | | | | God's Perfectly Restored Fellowship with All Mankind in the Holy City No Hades No Dead Rev 20:3 | All Restored Acts 3:21 |
| | | Son | | | Pre-Incarnate, John 8:58 | | Incarnate, John 1:14 | Paradise, Luke 23:43 | | |
| | | Holy Spirit | | | Everywhere, Psalm 139:7 | | Indwelling Believers, John 14:17 | | | |
| | Mankind | Living Mankind | No Creation No people Gen 1:1 | | Serving the Savior or Satan on Earth, Ephesians 2:1-5 | | | | | |
| | | Deceased Believing Mankind | | | Blessed in Paradise, Luke 16:22 | | | | | |
| | | Deceased Unbelieving Mankind | | | Punished in Hades until the final judgment, Luke 16:23 and Rev 20:13 | | | | | |
| | Angels | Holy Angels | | | Serving Mankind at God's Command, Hebrews 1:14 | | | | | |
| | | Imprisoned Angels | | No Fall No Unholy Angels Gen 1:31 | Imprisoned in Tartarus, 2 Peter 2:4 and Jude 6 | | | | Lake of Fire Prepared for the Devil and his Angels Mat 25:41 Rev 20:10 | Fallen Angels Forgiven? Col 1:20 Yes? Heb 2:16 No? |
| | | Fugitive Angels | | | Rebelling Against Christ Accusing Mankind 1 Peter 5:8 and Revelation 12:10 | | | Thalaasa, Rev 20:13 | | |
| | | First Beast Demon | | | | | | Lake of Fire Revelation 19:20 | | |
| | | False Prophet Demon | | | | | | | | |
| | | Satan | | | | | | Abyss Revelation 20:2 | | |

# Itinalaga

Tagalog at AionianBible.org/Destiny

The Aionian Bible shows the location of eleven special Greek and Hebrew Aionian Glossary words to help us better understand God's love for individuals and for all mankind, and the nature of after-life destinies. The underlying Hebrew and Greek words typically translated as *Hell* show us that there are not just two after-life destinies, Heaven or Hell. Instead, there are a number of different locations, each with different purposes, different durations, and different inhabitants. Locations include 1) Old Testament *Sheol* and New Testament *Hadēs*, 2) *Geenna*, 3) *Tartaroō*, 4) *Abyssos*, 5) *Limnē Pyr*, 6) *Paradise*, 7) *The New Heaven*, and 8) *The New Earth*. So there is reason to review our conclusions about the destinies of redeemed mankind and fallen angels.

The key observation is that fallen angels will be present at the final judgment, 2 Peter 2:4 and Jude 6. Traditionally, we understand the separation of the Sheep and the Goats at the final judgment to divide believing from unbelieving mankind, Matthew 25:31-46 and Revelation 20:11-15. However, the presence of fallen angels alternatively suggests that Jesus is separating redeemed mankind from the fallen angels. We do know that Jesus is the helper of mankind and not the helper of the Devil, Hebrews 2. We also know that Jesus has atoned for the sins of all mankind, both believer and unbeliever alike, 1 John 2:1-2. Deceased believers are rewarded in Paradise, Luke 23:43, while unbelievers are punished in Hades as the story of Lazarus makes plain, Luke 16:19-31. Yet less commonly known, the punishment of this selfish man and all unbelievers is before the final judgment, is temporal, and is punctuated when Hades is evacuated, Revelation 20:13. So is there hope beyond Hades for unbelieving mankind? Jesus promised, *"the gates of Hades will not prevail,"* Matthew 16:18. Paul asks, *"Hades where is your victory?"* 1 Corinthians 15:55. John wrote, *"Hades gives up,"* Revelation 20:13.

Jesus comforts us saying, *"Do not be afraid,"* because he holds the keys to *unlock* death and Hades, Revelation 1:18. Yet too often our *Good News* sounds like a warning to *"be afraid"* because Jesus holds the keys to *lock* Hades! Wow, we have it backwards! Hades will be evacuated! And to guarrantee hope, once emptied, Hades is thrown into the Lake of Fire, never needed again, Revelation 20:14.

Finally, we read that anyone whose name is not written in the Book of Life is thrown into the Lake of Fire, the second death, with no exit ever mentioned or promised, Revelation 21:1-8. So are those evacuated from Hades then, *"out of the frying pan, into the fire?"* Certainly, the Lake of Fire is the destiny of the Goats. But, do not be afraid. Instead, read the Bible's explicit mention of the purpose of the Lake of Fire and the identity of the Goats, *"Then he will say also to those on the left hand, 'Depart from me, you cursed, into the consummate fire which is prepared for... the devil and his angels,'"* Matthew 25:41. Bad news for the Devil. Good news for all mankind!

Faith is not a pen to write your own name in the Book of Life. Instead, faith is the glasses to see that the love of Christ for all mankind has already written our names in Heaven. *"If the first fruit is holy, so is the lump,"* Romans 11:16. Though unbelievers will suffer regrettable punishment in Hades, redeemed mankind will never enter the Lake of Fire, prepared for the devil and his angels. And as God promised, all mankind will worship Christ together forever, Philippians 2:9-11.




*Humayo kayo at gawing mga alagad ang lahat ng mga bansa. Bautismuhan sila sa ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu.* - Mateo 28:19